

# ANG MUTYA NG Section E

EATMORE2BEHAPPY


ANG MUTYA NG
Section E

OceanofPDF.com

EATMORE2BEHAPPY

# eatmore2behappy

## Ang Mutya ng Section E

Ang istoryang ito ay kathang-isip lamang ng walang saysay na author. Ang mga pangalan, lugar, pangyayari at petsa ay nabuo dahil sa bulate sa utak nya (author) at ang pagkakapareho nito sa tunay na buhay ay pawang insidente lamang.

BABALA: Kung ang hanap mo ay perpektong bida kagaya sa ibang istorya. Sad to say, hindi ganun ang bida dito.

Kasalukuyan kong ine-edit ang kwento kaya asahan ang mga typo error, wrong grammar and wrong person. Hahaha...

PLAGIARISM IS A CRIME!

Copying or translating any part of the story without permission from the author is punishable by law.

-All Right Reserved
-Copyright (2016)

*OceanofPDF.com*

# Chapter 1

## Transfer

***Jay-jay's POV***

Haaaaaaaa!!!! Nakakaloka! Kinakabahan ako at the same time parang natatae rin. Hehe.

Simula sa araw na 'to dito na ko mag-aaral sa Higher Value International School. Taray ng pangalan!

Malapit na ko sa room na itinuro sa 'kin ng registrar office. According sa registration papers ko last section daw ang E ng 4th year high school. Dito ako napunta kasi hindi naman daw gano'n kaganda ang records ko.

Hindi ko sila masisisi, pasaway din kasi ako sa dati kong school. Nagpatuloy ako sa paglalakad papunta sa room. Maganda ang school sa totoo lang, malawak ang school grounds at presko dahil maraming puno sa paligid.

Tingin ko mukang magugustuhan ko rito. *Sana nga*.

Pagdating sa classroom, nakita kong may nakatambay na mga lalaki sa tapat ng pinto. Lima silang lalaki at pare-parehong hindi maayos ang pagkakasuot ng uniform. Medyo nakakatakot sila pero sabi nga '*Don't judge the book by it's cover*'.

Lumapit ako sa kanila. Pare-pareho silang tumigil sa pagsasalita at hinarap ako. Lahat sila tinignan ako ng masama. Okay, medyo nakakatakot!

**"Uhmmm... M-Mga Kuya, d-dito po ba ang section E?"** *Bakit ako nauutal?* Ano ba 'yan nakakahiya!

Nagtinginan muna sila bago ibalik ang tingin sa 'kin. Para nila akong ini-scan mula ulo hanggang paa. *May mali ba sa itsura ko?*

**"Hindi dito... Sa kabilang building 'yon,"** sagot nang lalaking kulay brown ang buhok.

**"Ha? S-Sabi sa registrar, dito—"**

**"Nilipat na! Kaya umalis ka na dito!"** sigaw nang lalaking may hawak na lollipop.

Medyo natakot ako sa sigaw nila kaya mabilis akong tumakbo. Grabe naman! Kaylangan talaga sigawan ako? Kundi lang ako bago dito... yari ka sa 'kin.

Tumunog na ang bell, indication na start na ng class. Samantalang ako ito naglalakad pa rin papunta sa classroom ko. Kainis! Nilakihan ko na ang mga hakbang ko, medyo malayo pa ang kabilang building.

Nakakapag-taka lang ang building na pinang-galingan ko, nasa dulong part na 'yon at parang hindi pinupuntahan ng mga istudyante. Maayos pa naman ang gusali pero kupas na kupas ang pintura, puro vandalism at nagkalat na lumang silya o mga nasirang gamit. Dalawang floor din 'yon at merong apat or anim na room sa kalahataan. Hindi nga lang ako sure kung ginagamit lahat.

Hindi kagaya ng kaharap kong building ngayon. Bagong bago at maganda ang pintura. Nasa apat na floor at maraming kwarto. May aircon din sa ibang room. Yayamanin!!

Agad akong pumasok sa building para hanapin ang room. Nakakailang minuto na ko ng paglalakad pero parang wala akong makita. Hindi ako bulag hindi ko lang talaga mahanap ang room ng Section E.

Hanggang sa may nakita akong classroom na may pangalan sa tabing pinto. Section lang ang nakalagay pero may naiwang marka na obvious naman na letter E.

*Baka ito na 'yon!!*

Agad akong pumasok. Napahinto pa ang mga istudyante ng makita ako. Mga nasa 20+ students din sila.

Hinanap ko ang teacher pero wala sya. Kaya naman dumiretso na ko sa bakanteng upuan sa likod.

Nakasunod pa rin sakin ang mga mata nila.

"*May transferee?*"

"*Chicks pre!*"

"*May bago pala tayo?*"

Bulungan nila. Sa totoo lang nahihiya ako o mas tamang sabihing naiirita. Ayoko ng pinag-uusapan ako at halatang ipaparinig na ako ang topic nila. Napayuko na lang ako habang nakayakap sa bag ko.

**"Hi!"** May lumapit at bumati sa 'kin.

Tinignan ko siya at isang babae ang bumungad sa 'kin. Magandang nilalang... hehehe.. Anghel ka ba?

Maganda sya. Ang haba ng buhok niya at ang puti-puti niya. Matangkad din siya tignan, mukang mas matangkad pa sa 'kin.

**"H-Hello po... "** bati ko. Nahihiya kasi ako.

**"Wag mo na ko i-*po,* malamang same age lang tayo."**

**"Ahh... S-Sige"**

**"Bago ka lang?"** tanong niya habang bumabatak ng bangko. Umupo siya sa tapat ko.

**"O-Op— Oo pala. Bago lang ako."**

**"Ano ang name mo?"** Magiliw na tanong niya sa 'kin.

**"Jasper Jean Mariano, Jay-jay for short,"** nakangiting sagot ko.

*'Yan! Medyo kumportable na ko.*

**"Ako si Rakki... Class President."** Inabot niya sa 'kin ang kamay niya at tinanggap ko naman.

Ang astig ng pangalan niya! Parang siya... hehe.

**"Jay, sure ka ba sa section na pinasukan mo?"** biglang tanong niya.

Taka kong siyang tinignan pero tumango lang ako.

**"Ang alam ko kasi meron ngang transferee pero sa section E, hindi rito."**

*Hindi dito*.

Anak ng... Mukang mali ako ng napasukang section. *Shete!*

**"Uhmm... A-Anong section ba 'to?"** pabulong na tanong ko kay Rakki.

Nakatingin kasi sa 'min ang buong klase. Nakakahiya kapag narinig nilang mali ako ng section napuntahan.

*Sobrang nakakahiya!!*

Lumapit sa 'kin si Rakki at bumulong. **"Section C."**

*Shit!! Mali nga!! Pakshet!!*

Dahan-dahan akong tumayo at naglakad palapit sa pinto. Nakayuko lang ako.

*Wag niyo na ko tignan... please..*

Malapit na ko sa pinto ng bigla akong harangin ni Rakki.

**"Saan ka pupunta? Malapit na dumating si Ma'am."**

Labag man sa kalooban ko. Buong lakas akong huminga ng malalim at tinignan siya sa mata.

**"Rakki..."** panimula ko. **"...M-Mali ako ng s-section na napasukan."**

**"Pfffftt... Sabi na eh!!"** Malakas na tawa ang sinagot niya sa 'kin. Maging mga classmate niya nag-uumpisa na ring matawa.

*Jusme!! Lupa bumuka ka... at kainin mo sila!!*

Dahan dahan akong lumabas ng room at kahit medyo nakalayo na ko ay naririnig ko pa rin ang tawanan nila.

Nakakahiya! Sobra! Nakakainis!

Mabilis akong tumakbo pabalik sa building ng Section E— 'yong tunay na Section E!

Humanda sa 'kin ang mga lalaking 'yon! Sila may kasalanan nito. Kundi nila ko tinuro sa building na 'yon hindi ako mapupunta sa maling section.

Nakakainis! Habang buhay nila 'yong maaalala, ng buong Section C!

Nakarating ako sa room at salubong ang mga kilay kong pumasok sa loob. 'Yon nga lang... Wrong Move!!

May teacher na nagtuturo, napahinto siya at napatingin sa 'kin. Lagot!

**"Yes?"** tanong niya sa 'kin.

Inayos ko ang sarili ko. Kinuha ko agad ang registration papers ko at— wait! Kailangang manigurado!

**"D-Dito po ba ang section E?"** lakas loob kong tanong.

Tumango ang teacher at tinignan ako. Agad kong inabot ang registration paper ko.

**"Ahh.. Ikaw 'yong transfer student, kanina pa kita hinihintay."** Agad niya kong hinatak at pinwesto sa tabi niya sa harap. **"..ako nga pala si Mr. Alvin Siongco."**

Ngumiti ako sa kanya at sinenyasan niya kong magpakilala sa buong klase. Agad kong napansin 'yong mga lalaking nakausap ko kanina. Mga hudlong 'tong mga 'to! Grabe ang ginawa nila sa 'kin.

Tinignan ko sila ng masama 'yong mararamdaman nila ang sidhi ng galit ko. Kaya lang ang mga luko nagha-gikgikan lang except do'n sa lalaking naka-lollilop kanina.

**"Class! Silent please..."** Hinarap ako ulit ni Sir. **"...Sige na, pakilala ka na."**

Huminga muna ko ng malalim. **"My name is Jasper Jean Mariano you can call me Jay-Jay. I'm from Holy Saints highschool."**

Nakatingin lang sa 'kin ang buong klase. Karamihan sa kanila boring na tingin lang ang binibigay sa 'kin. Except ulit do'n sa naka-lollipop kanina, poker face ang luko.

**"Class president... wala kabang itatanong?"** tanong ni Sir Alvin.

Walang sumasagot. Mukang wala ang class president nila. Napaka-huwaran naman, hindi pumasok?

**"Class President..."** medyo nag-iba ang tono ni Sir Alvin. Seryoso nyang tinignan ang grupo ng mga lalaki na nakausap ko kanina.

**"Tss.."** sabi no'ng naka-lollilop kanina. Tumayo sya at bored na tumingin sa 'kin.

*Wait! Sya ang class president? Wag nga!*

**"Question..."** parang nag-uutos ang boses ni Sir Alvin.

Nagbuntong hininga muna siya. **"Are you still a virgin?"**

Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya samantalang nagtawanan naman ang buong klase.

**"Keifer!"** galit na sigaw ni Sir Alvin.

Ngumisi siya. **"You said question.. That is a question."**

Walang galang! Pati teacher sinasagot niya! Yabang!

Tinignan ko siya ng masama. **"Sir Alvin is referring for a decent question."**

Ayan! napa-english na ko! Sana umabot ang baon ko.

Agad na nag-'*ooohhhhh*' ang buong klase. Nagsalubong ang kilay ng Class president nila na tinawag ni Sir na Keifer.

**"You want a decent question? Okay... Kelan ka aalis sa section namin?"**

Muling ng-'*ooohhhhh*' ang buong klase.

Sa totoo lang naiinis ako sa ginagawa nila at mas naiinis ako sa Keifer na 'to! Saksakan kasi ng yabang! Ano na?! Porke may posisyon ma-angas na dapat?

**"Ikaw? Kelan ka mawawala sa mundo?"** Mataray na sagot ko sa kanya habang nakahalukipkip.

Lalung lumakas ang '*ooohhhhh*' ng klase. Kahit si Sir Alvin narinig kong nag-react na rin.

**"Bakit hindi ka mauna?"** sagot nya sa 'kin at ngumisi.

**"Because I'm the one who'll make you disappear in this world."**

**"Like you can..."**

**"Yes i can..."** sabi ko na may matter-of-fact tone.

**"Okay... Okay.. Both of you need to stop. Keifer sit down and Miss Mariano you can choose any seat that you want,"** sabi ni Sir Alvin.

Grabe! Hindi pa ko tapos sa kanya. Masama ang tingin niya sa 'kin pero binalik ko ang attention sa paghahanap ng upuan. *Mamaya ka sa 'kin!*

Hindi problema 'yon, dahil maraming bakante. 'Yun nga lang karamihan ng bakante nasa gitna.

Kagaya sa Japan ang table and chair nila kahit mga luma. More than 20 pairs of tables and chairs ang meron dito. Pero karamihan ng students nasa likod na part at gilid.

Muka silang letter U. Gitna lang ang walang masyadong nakaupo. Kaya do'n na lang ako pumwesto. Muka tuloy akong loner sa naging pwesto ko.

Ang nakakapag-taka pa sa klase na 'to bukod sa sitting arrangement nila. Nasa 15 or 16 students lang ang andito at ang isa pa...

Wala pa kong nakikitang babae.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 2

**Paper balls**

***Jay-jay's POV***

Dahil medyo late na ko naka-enroll sa klase binigyan ako ng copy ni Sir ng mga naging lesson nila na namiss ko. Buti na lang at hindi pa ganun kalayo ang naging lecture nila.

English Teacher si Sir Alvin at siya rin ang adviser ng Section E. Medyo naging panget ang start ko sa class section na to pero sa ngayon medyo tahimik na.

***Tik *Tok *Toink***

Binabawi ko na! Hindi pa ko natatahimik! *Multo lang?*

Kanina pa ko binabato ng papel dito sa pwesto ko. Maliit na binilog bilog na papel lang yun. Kapag naman nililingon ko kung saan galing patay malisya naman ang buong klase.

Anu ba?! Inaano ko ba kayo?!

Umabot kami sa sunod na subject at ganun pa rin ang eksena. Nagkalat na yung mga papel sa paligid ko.

*Kalma lang Jay, iniinis ka lang ng mga yan!*

Muli ako nag-focus sa lecture, kagaya ni Sir Alvin binigyan din ako ng sunod na teacher ng copy ng naunang lesson.

Busy ako sa pagsusulat ng bigla kong naramdaman na may tumama sa buhok ko. Hinawakan ko yun at naramdaman ko agad ang.... basa?

Basang papel ang binato nila sakin. Hindi na kailangang itanung kung saan galing ang tubig. Bibig lang ang fastest and easiest water source ng isang tao at ang dulas na medyo malagkit.

*Yack! Eeewwww!*

Agad akong kumuha ng tisyu at alcohol sa bag ko. Girl scout to boy!

Natapos ang mga sunod nami'ng klase at ganun pa rin ang eksena. *Punyeta!*

Paglabas ng teacher agad akong tumayo at humarap sa buong klase. Matalim ang naging titig ko sa kanila'ng lahat.

**"SINO BA YANG BATO NG BATO SAKIN?!"** Galit na sigaw ko.

Walang kumibo kaya magsasalita pa sana ko ulit ng bigla'ng itaas ng lahat ang kamay nila. Lahat yun may lamang lukot na binilog na papel. *Paper balls* ang tawag dun, yung bilog na bilog sa kakalukot at parang sing-laki ng mansanas.

Lahat sila naka-amba na sakin. *Patay!*

Nakita ko si Keifer na nag-smirk. Tumayo sya at pumorma na parang babato sa baseball game.

Nanlaki yung mata ko sa itsura nya. *Anung pinasok mo Jay-jay?*

Napalunok nalang ako at napapikit ng makita kong ibato nya yung paper ball sakin. Matapos tumama sa muka ko, sunod sunod na ang paper balls na naramdaman ko.

**"Aarrrggghhhh..."** Sigaw.

Hindi naman masakit pero hindi ako nakapalag at makagalaw sa sobrang dami. Kasabay ng pagbato nila ay mga tawanan.

"*Sige pa.. hahaha*"

"*Marami pa dito..*"

"*Hahaha...*"

Ang alam ko more than 15 lang sila pero bakit parang more than 100 yung bumabato sakin.

**"Aarrgghhhhh... Anu ba?!"** sigaw ko sa kanila pero walang talab yun syempre.

Wala akong nagawa kundi kuhanin ang bag ko at mabilis na tumakbo palabas ng room.

Hangang pinto binabato pa nila ko pero tumigil din sila ng makalabas na ko ng tuluyan.

Hindi rin ako tumigil sa pagtakbo hangang sa makalayo ako sa mismong building.

*Grabe sila sakin!* Sana pala hindi ko na lang sinagot yung Keifer na yun.

Lunch time naman na kaya naisipan kong dumiretso sa cafeteria para maglunch. Pumasok ako sa loob at pumila.

Busy-busy ako sa pagtingin habang nakapila ng may marinig akong pamilyar na boses.

**"Nakakatawa talaga yun.. Hahaha.."** si Rakki at mga classmate nya. Agad akong tumalikod sa kanila.

*Bakit ang haba ba nitong pila na to?!*

**"Hey Rakki..."** Dinig kong may tumawag sa kanya. Hindi naman sa tsismosa ako pero hindi ko maiwasan na hindi makinig.

**"Watsup Mykel?"** Bati ni Rakki.

**"Balita ko nakaharap mo daw yung transferee.. Anu masasabi mo?"**

Ako yata yun? Pinag-uusapan nila ko.

**"Uhmmm.. She's pretty and a little noob."**

Matutuwa ba ko? Pinuri ako at the same time ininsulto. Anu kaya yun?

*Bakit ba ang slow nitong pila?*

**"Hahaha.. What do you mean?"**

**"Sa section namin sya pumasok instead na sa room ng Section E."**

Bigla nalang sila nagtawanan at pati mga classmate ni Rakki. *Nakakahiya!*

**"Nakakahiya ata yun.."**

Sinabi mo pa! Umusad na yung pila at nakarating na ko kay Ate'ng tindera. Dalawang meal yung binili ko at alam kong mapapalaban ako. Bumili na rin ako ng malaking Piattos, Nova at Cheappy.

Pina-take out ko lang lahat dahil wala akong balak ipakita yung sarili ko sa Section C. *Kakahiya kaya!*

Nakuha ko na yung binili ko at mabilis akong naglakad papuntang pinto ng cafeteria pero napatigil ako ng makasalubong ko si Aries. Pinsan ko.

Agad na nagsalubong yung kilay nya ng makita ako. Hindi ako makagalaw sa pwesto ko. *Lagot na!*

**"Hey Aries! Dito!"** Sigaw ni Rakki.

Pero hindi rin sya gumagalaw at kahit ako ganun rin.

Naramdaman kong may lumapit samin hangang sa...

**"Jay-Jay? Andito ka pala.."** bati ni Rakki sakin. **"...Guys andito yung transferee."**

Inakbayan ako ni Rakki at iniharap sa mga tao sa cafeteria. Huli na para pumalag ako.

**"She's Jay-jay... Yung sinasabi ko kanina."** Pakilala ni Rakki.

Napayuko nalang ako. Hindi ko alam kung kanino ako dapat mahiya. Sa mga tao dito o kay Aries.

Lumayas kasi si Aries sa kanila ng malaman nyang sa kanila na ko titira. Hindi maganda ang relasyon namin dahil sa mga pinag-gagawa ko dati.

**"So Jay-jay... How's your experience with Section E?"** Tanung nung isang lalaki. Sya ata yung Mykel.

Hindi ako makasagot. Ayokong sabihin sa kanila na pinag-tripan na ako ng buong Section E. At baka isipin din ng section E na nagsusumbong ako.

**"A-ayos lang... M-mabait sila sakin."** Sagot ko habang nakapilit ng ngiti.

**"I think that's a lie. Section E are all barbaric. They have records inside and outside of school."** sabi ni Rakki.

Nalukot ang noo ko sa narinig ko. Grabe naman sa *Barbaric*. Halimaw lang ang datingan.

**"No need to worry... Jay will fit well on that Section."** Aries said.

Napatingin ako sa kanya. Hindi ko alam kung anung ibig nyang sabihin dun.

Alam kong mapapahiya lang ako dito ng ilang beses pa. Inalis ko yung pagkaka-akbay ni Rakki sakin ng dahan-dahan.

**"R-rakki... Kailangan ko na kasing umalis. Pasensya na."**

Hindi ko na hinintay sagot nila. Agad akong umalis ng cafeteria. Ewan ko ba sobrang nakakailang yung atmosphere dun.

Nahihiya din kasi ako kay Aries.

Dati akong pala-away sa dati naming school. Broken family kasi kami kaya nag-rebelde ako. Kinuha kasi ako ni Lola para alagaan at pagbabaka-sakali na magiging maganda ang buhay ko sa kanya pero wala ring naging epekto yon.

Hangang sa inatake si Lola sa puso ng dahil sa pakikipag-away ko. Nagalit yung mga tita ko sakin, except kay Tita Gema----Nanay ni Aries. Sya lang nagparamdam sakin na hindi ko kasalanan lahat.

Dahil sa nahiya na ko kay lola, nagpaaalam na kong aalis na lang. Kinuha ako ni Tita Gema dahil wala naman daw silang anak na babae. Pumayag ako at nangako na rin kay Lola at sa iba pa na aayusin ko na yung buhay at sarili ko.

Pagdating sa kanila akala ko magiging okay na rin ang lahat pero nagalit si Aries ng makita ako. Kung hindi daw ako aalis sya nalang daw. Wala namang ginawa si Tita kaya umalis si Aries at dito nalang kami nagkita.

Sobrang hirap para kay Tita Gema yun. Ramdam ko at hindi nya kailangang sabihin. Kung alam lang ni Aries na nagbago na ko.

Nakarating ako sa building ng Section E ng hindi ko namamalayan. *Teka!*

Hindi pa ko pwedeng pumasok don. Sure akong pagtitripan nila ako at hindi ako makakain ng maayos.

Tumingin ako sa paligid ko. Naisip kong kumuha ng table at bangko na medyo matino pa sa paningin ko at dun ako pumwesto para kumain. Binuksan ko yung unang meal na binili ko.

Nilagyan ko na rin ng panyo yung blouse ko. Baka matalsikan ng ulam, mahirap na.

Simpleng blouse na may black necktie at paldang two inch above the knee ang uniform namin. Sa necktie na ka indicate kung anung year na kami. Meron stripe na kulay white. Dahil fourth year na kami, apat na stripes.

Naubos ko na yung unang meal at bubuksan ko na sana yung pangalawa ng may humablot dito. Mabilis, daig pa si Flash.

**"Akin na lang toh!"** Sigaw nung umagaw ng meal ko. Sure akong classmate ko sya.

Wala na kong nagawa. Naglapitan na rin yung ibang classmate namin sa kanya at parang mga patay gutom na nakipag-agawan.

Nakita ko si Keifer na nakasandal sa pader. Nakatitig lang sya sa mga classmate naming nag-aagawan.

"*Mamigay ka!*"

"*Pahingi kami!*"

"*Akin to!*"

Mga patay gutom talaga. Hindi ba sila nagsipag-lunch?

**"Pagpasensyahan mo na, gutom lang ang mga yan."** sabi ng kung sino.

Napatingin ako sa nagsalita na ngayon ay katabi ko na. *Kabuti? Pasulpot-sulpot lang?*

Sya yung isa sa nakausap ko kanina. Yung kasama ni Keifer. Kulay brown ang buhok.

**"Ako nga pala si Felix..."** pakilala nya at nilahad ang kamay.

Pero hindi ko sya pinansin. Anu sya swerte? Matapos nila kong iligaw kanina. *Manigas!*

Kinuha ko nalang yung malaking Piattos sa bag ko. Bubuksan ko pa lang yun ng bigla na namang hablutin ng kung sino.

**"Hoy Aba!"** Sigaw ko.

Nawala na ang kawatan. Natubunan na ng mga patay gutom naming classmate. *Hanu ba yan?*

Anu ba tong mga classmate ko? Buwitre? Daig pa agila sa pagdagit ng pagkain.

**"Hahaha... Wag ka munang maglabas ng pagkain."** Sabi nung Felix.

Iritable ko syang tinignan. **"Anu ba yang mga classmate mo? Patay guts lang?"**

Natawa sya sa sinabi ko. **"Hahaha.. Medyo."**

Pakiramdam ko na-drian lahat pagkain ko sa inis sa mga classmate ko. Ikinalat lang nila sa lapag yung mga pinagka-inan at pinagbalatan.

Gutom na gutom lang?

*OceanofPDF.com*

# Chapter 3

**Cleaners**

***Jay-jay's POV***

Nagsipasok na sila sa loob matapos nilang ubusin ang pagkain ko DAPAT at kami nalang ni Felix ang nasa labas. Pati pala si Keifer kumag andito din pero nasa malayo sya.

**"Wala na sila... pwede ka ng maglabas ng chibog."** Sabi nung Felix.

Ginawa ko naman at kinuha ko yung Nova. Kayalang hindi ko pa nabubuksan ng hablutin naman ni Felix yun. *Anu ba?! Snatcher lang?*

**"Hoy! Aba naman!"**

**"Sorry... Favorite ko to eh!"** Sabi nung Felix at naglakad palayo habang kumakain.

Nag-iisa nalang ako. Wala ng kukuha ng ilalabas kong pagkain. Hehe! *Finally!*

Nilabas ko na yung cheappy. Kayalang ang lintik... hawak ko pa lang ang *Tear Here* may humablot na naman sa kamay ko.

*Aaarrrggghhhhh.... Anu ba?*

Tinignan ko ng masama yung *animal* na nanguha ng pagkain ko.

Si Keifer?

**"Anu ba?! Hindi ba uso dito manghingi?! Kung nagugutom pala kayo magsi-bili kayo!!"**

Tinignan din nya ko ng masama. **"Hindi kami makakabili.."** Halos pabulong nyang sabi.

**"Anu?!"**

Hindi nya ko pinansin. Pumasok lang sya sa room habang kinakain yung chutchirya ko. Kaasar naman!

Binalik ko sa dati yung table at chair na kinuha ko. Inayos ko na rin ang sarili ko.

Pagpasok sa loob parang bumaha ng paper balls. Sobrang puno'ng puno yung sahig at sa bawat hakbang ko hindi pwedeng walang masipa or tumalsik.

Hindi man lang nila nilinis. Ibang klase!

Naupo na ko sa pwesto ko. Kung saan ako ang tuldok sa gitna ng U. Gitnang-gitna naman kasi ako.

Masyadong tahimik ang paligid masama ang kutob ko kapag ganun. Lumingon ako sa likod para tignan sila.

Sa awa ng langit wala namang milagro sa likod ko. Kumakain lang si Felix at Keifer ng chutchirya'ng binili KO!

*KAPAL!*

Paka-namnam pa nila yung bawat subo nila ng pagkain. Ang weird lang dito eh yung mga classmate kong takam na takam sa nakikita nila. Nakasunod ang mga mata nila sa kinakain nung dalawa.

*Hindi ba sila pinapakain?*

Pati ako napatitig sa pagkain nila. Nang-iinggit kasi yung hayop, with sarap-na-sarap expression pa ang gunggong.

*Kapal muks!!*

Binalik ko ang tingin sa harap. Lalu lang ako naiimbyerna sa ginagawa nila. Akin yun eh! Akin dapat yun!

Sa wakas tumunog ang bell at dumating ang teacher namin. Sa itsura ng room namin expected ko na magagalit sya pero parang wala lang sa kanya yung mga kalat na nasipa nya.

**"Ang room nyo bagay na bagay talaga sa inyo."** Bored na sambit nung teacher.

Mag-uumpisa na sana syang magturo ng makita nya ko. **"Bakit may babae dito?"**

**"T-transferee po.."** sagot ko.

**"Ahh.. Yung Jasper Jean Mariano?"**

Nag-smile naman ako. **"Opo."**

Binigyan nya ko ng *ah* reaction bago harapin ang libro nya. Kagaya ng mga naunang teacher binigyan din nya ko ng mga lesson na hindi ko naabutan.

Habang nagsusulat ng lecture nilapitan ako ng teacher. Mrs. Zaragosa ang pangalan nya, nasa mid-50's na sya. Syempre may katandaan ang itsura pero hindi sya mukang istrikta.

**"Kung papipiliin ka, saang section mo gusto?"** Tanung nya sakin.

Taka ko syang tinignan. **"Po?"**

**"Hindi ka kasi pwede dito, nag-iisa kang babae."**

*Waaahhhh... Kaya pala. Akala ko absent lang sila.*

**"Seryoso po kayo? Ang sabi po kasi sakin sa registrar dahil daw po sa records ko kaya dito daw po ako napunta."**

Pakiramdam ko bigla nalang tumahimik. Para bang lahat ng tao sa room pinapakinggan yung usapan namin.

**"Wala'ng problema dun, pag-tutulungan namin ni Alvin ang pagpapalipat sayo. Yung nauna sayong babae nailipat na namin sa B."**

**"Pag-iisipan ko po..."** yung nalang ang isinagot ko.

Sa totoo lang malaking bahagi ko ang tumatanggi sa magpalipat. Para kasing hindi ko naman deserving, pero ramdam ko yung pag-aalala nila. Iisa nga lang naman kasi ako eh.

*Nag-iisa akong magandang dilag dito.*

Natapos ang klase kay Mrs. Zaragosa at iba pang sumunod sa kanya. Nasa huling subject na kami para sa araw na ito.

**"Ayokong magturo!"** Galit na sigaw ng teacher.

Parang mga aso'ng ulol naman na nagwala yung mga classmate ko sa tuwa. *Wow!* Napayuko nalang ako dahil sa gulat sa kanila.

**"Maglinis kayo ng room nyo... A-attend muna ko ng meeting."**

Anu kaya yun? May meeting pala, kuwari pang ayaw magturo. Oh pwede ring may choice sya na wag na pumunta don pero tinatamad lang talaga sya mag-turo dito kagaya ng sinabi nya.

**"Pagbalik ko dito at ganito pa rin ang classroom nyo... Magtu-turo ako! Walang tatakas sa inyo o tatadyakan ko kayo isa-isa!"** Dagdag nya at umalis na.

Ms. Cindy Smith ang pangalan nya. Nasa mid-20's na sya at ang astig nya tignan.

Pag-labas nya, laking gulat ko ng biglang magtayuan yung buong klase. Akala ko maglilinis sila pero bigla silang lumabas.

**"Hoy! Aanu kayo?!"** Sigaw ko. Sinubukan kong sumunod pero pagdating sa pinto bigla nalang nila sinara.

*Hala! Hala!*

**"Buksan nyo to!"** Sigaw ko habang kinakalampag yung pinto.

Nakita kong sumilip ang Keifer sa bintana kaya agad akong lumapit dun.

**"Hoy! Anu na naman bang trip to?!"**

**"Linisin mo yang room.."** bored na sagot nya.

*Aba!*

**"Ayoko nga! Bakit ko gagawin yun? Kayo kaya tong nagkalat dito!"**

**"Tss. Ikaw ang dahilan kaya kami nagkalat. Now you clean it!"**

**"Eh kung ayoko?!"**

**"Then we will not open the door kahit dumating pa si Ma'am sexy."**

Narinig kong nagsalita yung mga classmate namin.

"*Linisin mo na!*"

"*Dali na!*"

"*Nakakangawit dito!*"

Aba! Ang kepal ng muke nenye!

**"Ang ka-kapal nyo! Matapos nyong lamunin yung binili ko! Uutusan nyo pa kong maglinis!"**

**"Tss. Wag mo nga isumbat samin yan. Bakit nga ba nagdala ka ng pagkain?"**

Aba talagang!! **"Mga punyeta kayo!!"**

Narinig ko silang nagtawanan. Talaga ginagalit ako ng mga hayop na to!

**"Just clean the room. Ikaw din, pagna-inip kami magsisi-uwi na kami. Baka wala ng abutan si Ma'am Sexy dito. Nasa amin din ang susi."**

*Shutanginames!!*

**"Hay!!! MGA PISTI!!"** Sigaw ko.

Buset yan! Ang kakapal ng mga muka. Mga Patay Guts na nga Kapal Muks pa!

Anu pa nga bang gagawin ko? Edi linisin tong pesteng kwarto na to.

Naka-cross arm akong nakatingin sa paligid. Karaniwang kwarto lang din kagaya sa iba. Except sa may mga tambak ng plywood, yero at karton sa likod na part. May kabinet din at mukang doon nakalagay yung mga walis.

Lumapit ako dun at binuksan. Kayalang parang sampung taon ata'ng hindi nabuksan yung kabinet. Bumulaga sakin yung alikabok at halos hikain ako dahil dun.

**"Anu ba yan?!"**

Hinanap ko yung mga walis at dustpan na mukang pamana pa ng ninuno ng school na to dahil sa kalumaan. Maswerte ako at merong roll ng garbage bag.

Sa totoo lang maagiw ang kisame at saksakan ng alikabok ang bintana. Pero ang kalat lang sa sahig ang balak kong galawin.

Anu sila nakakuha ng katulong? Swerte naman nila. Pwede naman sila magpalinis sa school facilitator bakit ayaw nila ipalinis to.

Mabilis kong winalisan ang sahig. Siniksik kong mabuti yung mga basura sa garbage bag. Habang nagwawalis aksidente kong nabunggo yung kumpol ng karton na nakatambak sa likod malapit sa upuan ni Keifer.

*Hala!* Naglaglagan yung mga karton sa sahig. Lumipad sa ere ang makapal na alikabok at bumungad sakin ang.... rice cooker?

Inalis ko yung mga karton para makita ng maayos. Nakakahon pa yung rice cooker at mukang bago pa. Dun ko lang napansin, nakapatong sya sa shoe shelves----parang locker pero walang sarahan.

May pangalan ang bawat box or space. Nakita ko yung pangalan ni Keifer.

**"Mark Keifer Watson."**

Tinignan ko pa yung iba. Nakita ko din yung kay Felix.

**"John Felix Collins."**

Pero merong umagaw ng pansin ko higit sa lahat. Katabi ng pangalan ni Keifer. Merong puso na nakadikit sa divider ng space, at katabi ng space ni Keifer ay isa pang space na may pangalan ng babae.

**"Ella Dianne Hyun."**

Eto kaya yung sinasabi ni Ma'am kanina na nauna sakin at nailipat na nila sa kabilang section?

Narinig kong nangangalampag na sila ng pinto at tinatanung kung tapos na ko.

**"Hindi pa!!"** Sigaw ko sa kanila.

Binalik ko yung mga patong at nakasandal na kahon. Naisipan ko ring silipin yung iba. Yung mga nadadaganan ng yero at plywood.

Meron silang electric frying pan yung ginagamit sa korea. Meron din silang water dispenser. Meron din silang maliliit na kasirola. *Kusina lang?*

Speaking of kusina meron silang maliit ng lababo. Meron pa nga'ng bote ng Joy na walang laman.

Anu to? Nag-camping sila dito?

Binalik ko din yung mga pinagbubuklat ko. Kakaiba tong section na to. Ang daming anik-anik. Kaya pala yung iba mukang gusgusin. Hehe.

Natapos ang paglilinis ko at kinalampag ko ng malakas yung pinto.

**"Tapos na!!"**

Agad na bumukas ang pinto at nagpasukan ang mga walang hiya pero ang Keifer huminto sa harap ko.

**"Nasan ang nilinis mo?"**

**"Edi yung mga kalat nyo nilinis ko!"** Sabi ko sabay turo sa sahig.

Bigla nyang inikot ang paningin nya at agad na kumunot ang noo. **"Yaan pa kaya yung agiw!"**

**"Anu? Anu ka nakakuha ng katulong? Ayoko nga linisin yan!"**

Nagsalubong sa inis ang kilay nya. **"Wag mo nga ako sinisigawan!"**

**"Gusto kitang sigawan!"**

**"Isa pa! Bubusalan ko yang bunganga mo!"**

**"*Isa pa, bubusalan ko yang bunganga mo.*"** Pang-gagaya ko sa kanya habang humahaba ang nguso at naniningkit ang mata.

Nagulat ako ng may biglang tumawa. Pinapanuod pala kami ng buong klase.

**"Hahaha... You look like husband and wife."** Sabi ni Felix at nagkaroon ng malakas na hiyawan.

Tinignan ko si Keifer na may pandidiri. Ganun din ang naging reaksyon nya sakin.

Mag-asawa talaga? Agad-agad? Hindi ko feel maging asawa tong si Keifer.

OceanofPDF.com

# Chapter 4

**Hanamitchi**

***Keifer's POV***

She look so beautiful! I still regret the day that i let her go. Sana hindi nalang ako pumayag na mapunta sya sa ibang section. Sana hangang ngayon kasama ko pa rin sya at akin pa rin sya.

My fist clenched when i saw her with that man. The man that she choose to be with instead of me. Sobrang saya ng ngiti nya at ang sarap namang sapakin ng kasama nya.

Everytime na makikita ko sila gusto kong suntukin si Aries. Inagaw nya sakin si Ella. Nilason ang isip at ipinamuka samin na patapon ang section namin.

Kung alam mo lang kung sinong kinakalaban mo Michael Aries Fernandez. You'll regret the day that you enter this school.

++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Haaayyy!!! Eto na naman ako! Papasok na naman ako sa Section ng mga ulupong.

Pagdating sa room, wala pa namang nagyayari. Wala pa din si Keifer, hindi ko parin sya nakikita. Okay lang, wala naman akong paki-alam sa kanya.

Naging matiwasay naman ang mga naunang klase ko. Nakahabol na ko sa lesson. Wala pa rin yung hari ng ulupong.

Dumating ang oras ng lunch. Alam kong aagawan na naman nila ko ng pagkain and ayoko ding magpunta sa cafeteria kaya naman nagbaon nalang ako ng kanin at kaunting chutchirya.

*Pero saan ako kakain?*

Naalala ko na meron nga palang second floor ang building na to pero nahaharangan ng mga gamit yung hagdan.

Pero wala naman akong ibang pupuntahan. No choice!

Lumabas ako ng room at lumakad papunta sa hagdan. Sobrang daming tambak na gamit pero kahit ganun meron pading daan para maka-akyat.

Pinilit kong makadaan. Sa bawat hakbang ko naglalabasan yung mga lamok. *Baka naman ma-dengue pa ko dito.*

Nakarating ako sa second floor. Sinilip-silip ko muna baka may tao'ng makakita sakin. Naupo ako sa hagdan, inilabas yung baon ko. Tahimik akong ngumunguya at ngmumuni-muni tungkol sa mga lesson at syempre kung bakit parang hindi ata pumasok yung Presidente nila.

**"Hoy!"**

**"Pffffttttt.... Hayop!"** Nabuga ko yung nginunguya ko sa gulat don sa sumigaw.

Tinignan ko kung sino'ng animal yun. Si Keifer, yung presidente at hari ng mga ulupong. Kala ko hindi pumasok to!

Mukang kanina pa sya nakatambay dito sa second floor.

Tinignan ko sya ng masama. **"Gago ka ay.."**

**"Whatever.."** bigla syang umupo sa tabi ko. Tinignan nya yung pagkain ko. **"..Ano ulam mo?"**

**"Paki mo?!"**

**"Tss. I'm trying to be nice here!"** Sigaw nya sakin.

Medyo napahiya ako dun kaya napayuko ako. Bastos ko nga naman kasi!

**"Tss. Piniritong Asuhos."** sagot ko.

Hndi naman kasi ako nakapag-paluto, kinuha ko lang yung natira'ng ulam nung umaga o gabi pa yata to.

Nagulat ako ng agawin nya yung baunan ko.

**"Kahit anu pa yan... Pahingi nalang ako."** Sabi nya sumubo ng kanin at ulam.

Napatanga nalang ako habang naka-nga-nga sa kanya. Para kasing ibang tao sya. Halatang gutom dahil sa bilis ng pag-nguya.

Binalik nya sakin yung baunan matapos nyang sumubo ng isa or dalawang beses.

**"Baka sabihin mo patay gutom ako."**

Wala naman akong sinagot sa kanya. Sumubo nalang din ako ng ilang beses. Binalik ko sa kanya yung baunan. Nagulat pa sya nung una pero kinuha din nya.

**"Halata kasing gutom ka."**

Parang kaming naglalaro ng salitan sa pagkain. Pagkatapos nya ako naman. Medyo nakakadiri dahil share lang kami ng utensils pero ganun talaga eh. Mga gutuman kami, walang reklamo basta usapang pagkain.

Sa totoo lang mukang anak mayaman si Keifer. Maputi kasi at makinis ang balat. Sobrang lakas din ng dating nya. Kita ko rin na matipuno ang katawan nya. Meron din pala syang earings sa kanang tenga. Sobrang liit lang nun kaya hindi agad kita.

Yung totoo? Gwapo din pala itong ulupong na to!

**"Wag mo nga akong titigan!"**

Medyo nagulat ako sa sigaw nya kaya bumalik ako sa reyalidad.

**"T-tinitignan ba kita?"** Patay malisya kong tanung.

**"Hindi... Ti-ni-ti-ti-gan!"** Paglilinaw nya.

Nakaramdam ako ng hiya sa ginawa ko. Ramdam ko din ang pag-init ng pisngi ko. Anu ba to? Bakit ako nahihiya sa kumag na to?!

Umubo ako para iklaro ang lalamunan ko, pampatanggal na din ng kaba. **"B-bakit nga pala hindi ka pumasok kanina?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"Wala lang... bakit? Na-miss mo ko?"**

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Anu daw? Kapal ah!

**"Ha?! ASA!"**

Bigla syang tumawa. Ewan ba, parang lalu syang gumwapo dahil sa tawa nya.

**"B-bakit nga pala hindi ka bumili sa cafeteria?"** Muli kong pag-iiba sa usapan.

**"Bawal kami dun.."**

*Huh? Pwede ba yun?*

**"Bakit naman? Kelan pa naging bawal ang student sa cafeteria?"**

Bigla'ng naging seryoso yung itsura nya. **"Matagal na... Basta bawal kami dun."**

Bigla syang tumayo at lumakad pababa ng hagdan.

**"Hoy! Teka!"** Sigaw ko sa kanya.

Yun nga lang nabingi na ata sya. Hindi na ko pinansin at gumurabels na ng tuluyan.

Niligpit ko na yung pinagkainan namin at bumaba na rin ako. Anu kaya problema nun? Sinapian? Bipolar? Abnormal? Lakas ng saltik!

Pagbalik ko sa room parang lantang gulay yung buong klase. Mga lanta'ng lanta, hatalang hindi nakakain ng pananghalian.

Umupo na ko sa pwesto ko. Hindi ko nakita si Keifer, mukang tuluyan ng hindi pumasok.

Habang naghihintay bigla kong naalala na meron pa nga pala akong chutchirya sa bag.

Naglabas ako ng Loaded at laking gulat ko na parang mga aso'ng ulol na tumutulo ang laway ang nakita ko. Yung mga classmate ko may rabis?

Sinubukan kong igalaw yung hawak kong Loaded, sumunod yung mga ulo nila.

**"Ayos to ah!"**

Kumuha akong panibagong Loaded sa bag ko at buong lakas kong binato sa kanila. Para silang mga Liyon na nagwawala sa pag-aagawan.

*Hahaha. Mukang tanga lang!*

Lumapit sakin si Felix. **"Wala kaba nung malaki? Gutom na ko."** Sabi nya habang naka-pout.

Bahagya naman akong naawa kaya inabot ko sa kanya yung baon kong Nova.

Buti nalang maluwag yung bag kong *Jansport* kaya marami akon nailalagay na pagkain sa loob. Hehehe.

Muli akong nagbato ng chutchirya sa mga classmate namin pero napatigil ako ng may sumigaw.

**"WHAT THE HELL IS GOING ON HERE?!"**

Pare-pareho kaming tumingin sa pinto. Lalaking kasing laki ni Keifer at nakasalamin sa mata, red ang buhok at may dalang gym bag ang nakatayo sa pinto.

"*Ayan na si Sakuragi!*"

"*Tanga! Hanamitchi!*"

"*May dala kaya sya?*"

"*May chibog yan!*"

Napatingin ako kay Felix na seryoso lang ang tingin sa lalaki sa pinto'ng tinawag nilang *Hanamitchi* or *Sakugari.* Diba anime yun?

**"Pre..."** bati ni Felix pero titig lang ang binigay ng binati nya sa kanya.

Inabot yung gym bag na dala nya sa isa sa mga classmate namin. Kinuha naman yun agad nung isa at pinagkaguluhan sa likod.

Tinignan nya ko habang salubong na salubong yung kilay. Nakakatakot sya tumingin kahit nakasalamin sya, para syang si Keifer. Nagtago ako sa likod ni Felix.

**"Sino yan?"** Tanong nya habang nakatingin sakin.

**"S-si Jay-jay... Transferee."** Sagot ni Felix.

Tumingin sya sa paligid na parang may hinahanap. **"Nasan si Keifer? Alam ba nya to?"**

**"O-oo eh..."** napahimas si Felix sa batok nya. **"Kahapon pa sya nandito."**

**"Wala man lang ginawa si Keifer?!"** May halong galit na yung tono nya.

*Big deal bang andito ko?!*

**"Bale... Meron naman kayalang----"**

**"Kayalang hindi pa rin sya umaalis!"**

Galit na talaga sya. Anong problema nya sakin? Ano bang masama kung andito ako?

**"Ikaw!"** Tawag nya sakin. **"...Why are you still here?"**

Hindi ako makasagot. Nakakatakot kasi sya. Yung awra ni Keifer kapareho'ng-kapareho sa kanya. Magka-ano-ano kaya sila?

**"And why are you treating my classmates like a dog?!"**

*Uy! Hindi ah! Natuwa lang ako sa kanila.*

**"H-hindi naman----"**

**"Then anu yang ginagawa mo?!"**

**"Binibigyan sila ng pagkain."**

Tumingin sya sa mga classmate nya.

**"Ilang araw ka kasing nawala... palagi kaming walang pananghalian"** paliwanag nung isa sa kanila.

**"Walang ginawa si Keifer?"** Tanung ni Red haired guy.

Bakit puro si Keifer ang tinatanung nya?

**"Parang hindi mo kilala yun."** Sagot ni Felix.

**"Tss."** Yun na lang nasabi nya at umupo na sa likod.

Agad kong hinarap si Felix. **"Sino yun?"** Pabulong na tanung ko.

**"Si Yuri Hanamitchi.. Classmate din namin---natin pala."**

**"Bakit ngayon lang sya nagpakita?"**

**"Suspended kasi... Nagpunta sya sa cafeteria, eh bawal kami dun."**

Oo nga pala. Muntik na mawala sa isip ko yun.

**"Panu bang bawal? Hindi ko maintindihan yan."**

Bahagya syang tumawa. **"Sorry Jay, it's not my story to tell."**

Anu ba yan? Wala naman akong mapala dito kay Felix. Intriga'ng intriga na ko sa '*Bawal sa cafeteria*' effect na yan.

Dagdag pa yung eksena'ng gusto akong paalisin nung red haired guy na yun.

*Natural kaya yung kulay ng buhok nya?*

Gusto ko pa sanang magtanung kay Felix kayalang dumating na yung teacher namin.

Kainis! Kati'ng kati na ko malaman yung story na yun eh.

Nag-umpisa'ng magturo si Mrs. Zaragosa. Kagaya nung nakaraan nilapitan nya ulit ako para tanungin.

**"Jay, nakapili kana ba ng section?"**

Ramdam ko yung pagtahimik ng klase. Napalingon ako sa likod. Patay malisya lang naman sila'ng nakatingin sa harap.

Binalik ko yung tingin ko kay Ma'am. **"H-hindi pa po eh."**

**"It's okay.. pero sana makapili ka bago mag-1st Grading. Mahihirapan kasi kaming ilipat ka kapag nakapag-test kana."**

**"S-sige po."**

Eto pang isa. Bakit ba matay nila kong ilipat? Anu bang meron dito?

Natapos ang klase ko para sa araw na to. Hindi ko pa rin naiintindihan kung bakit matay nila kong palipatin ng section.

Dahil ba sa ako lang yung babae? Eh bakit pati mga taga section E gusto rin akong paalisin? Dahil pa rin sa babae ako?

Lintik na yan! Sana pala naging lalaki nalang ako!

*OceanofPDF.com*

# Chapter 5

## Dreams

***Yuri's POV***

*Blurred ang paligid. Walang malinaw pero may nakikita kong gumagalaw. Lumapit ako dun at unti-unti'ng lumiwag at luminaw ang lahat.*

*Si Ella, nagluluto sya at nakasuot ng apron.*

***"Ella? A-anung ginagawa mo dito?"***

*Tinignan nya ko at ngumiti.*

***"Diba eto ang gusto mo? Ang makasama ako."***

*Tama sya, yun ang gusto ko. Pero bakit hindi ako masaya. Dahil ba alam ko na hindi ako ang mahal nya.*

***"You should leave."***

*Tinignan nya ko na may pag-aalala. Umiwas lang ako ng tingin.*

*Bigla nalang nya binato yung sandok na hawak nya at sinira ang apron suot nya.*

***"Why you keep pushing people that love you, away from you?"***

Bigla nalang akong nagising na basa ng pawis. Ayoko ng panaginip na yun. Ayoko syang napapanaginipan. Matagal ko na syang kinalimutan.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

***"Bastardo! Walang nagmamahal sayo!"*** *Sigaw ng kapitbahay naming bata sakin.*

*Wala akong nagawa kundi ang umuwi samin at magmukmok sa kwarto. Anong gagawin ko? ang bata ko pa, ang liit ko kumpara sa kanya.*

*At isa pa, yung mga sinabi nya totoo. Walang nagmamahal sakin.*

Pinilit kong gisingin ang sarili ko sa panaginip na yun. Bangungot yun!

Napahawak nalang ako sa mata ko. Basa yun ng luha. Umiiyak pa rin ako ng dahil sa parehong panaginip. Ayokong umiiyak ng dahil dun. Walang dahilan para iyakan ko yung panaginip na yun!

Bumangon ako sa pagkakahiga at dumiretso sa banyo para maghilamos. Tumingin ako sandali sa wall clock sa kwarto ko, 5:30 pa lang ng umaga.

Pagkatapos nun lumabas na ko at nagpunta sa kusina. Sa totoo lang wala ako'ng gana sa kahit na anung bagay pero kailangan kong maghanda ng almusal.

Nahihiya kasi ako kila Tita Gema kaya ako na ang gumagawa kahit marami silang katulong. Yun nga lang mukang nahuli na ko.

Nakahanda na ang almusal. Sayang yung bangon ko. *Hanu ba yan*?

**"Haba naman ng nguso mo?"**

Napalingon ako sa nagsalita. Si Kuya Angelo!

Lumapit sya sakin at ginulo yung buhok ko. **"Mag-almusal kana."**

Kayalang hindi ako makagalaw sa pwesto ko. Kinagalitan nya kasi ako bago sya umalis. Medyo takot din kasi ako sa kanya.

*May ginawa ba kong kalokohan nitong nakaraan?*

Kapatid sya ni Aries, panganay na anak ni Tita Gema.

**"Jay, anu pang tina-tanga mo dyan?"**

**"K-kuya, kelan kapa nakabalik?"**

**"Kaninang 3am, sa condo sana ko didiretso kayalang gusto ko muna sana'ng makita si Mama."**

Nag-nod lang ako. Galing kasi syang Singapore. Sya na kasi ang nag-aasikaso ng mga business nila Tita don. Huli kaming nagkita nung nasa ospital si Lola.

Tanda ko pa yung itsura nya nun kulang nalang ibaon nya ko ng buhay. Buti nalang mukang good mood sya ngayon.

**"Si Aries ba hindi pa rin umuuwi?"** Tanung nya habang nagtitimpla ng kape.

**"Hindi pa eh. Pero nakita ko sya sa school."**

**"Hmmm..."** Humigop sya sandali ng kape. **"...Kamusta ka pala sa school? Mama told me sa Section E ka daw napunta."**

Napahimas ako ng batok. **"Oo eh."**

Galing nga din pala si Kuya Angelo sa HVIS(Higher Value International School). Hindi ko nga lang alam kung may alam sya tungkol sa kasalukuyang Section E.

**"Kuya..."** Panimu. **"...May alam kaba tungkol sa Section E?"**

Tinignan nya ko. **"Yeah..."**

Lumapit ako sa kanya. **"Mag-kwento ka naman."**

Kita ko yung pag-aalangan ni Kuya. Para bang may tinatago sya. Hindi maganda yung pakiramdam ko sa istura nya.

*Mukang may something!*

**"Wala talagang Section E non, nagkakaroon lang kapag may mga students na nagkaroon ng kaso sa school---mga pasaway to be specific. Nung una nasa lima or anim na students lang ang nasa Section E hangang sa tumatagal dumadami na."**

**"Once na nabuksan ang Section E na yun at dun na sila nailagay hindi na sila makaka-alis. For example 1st year ka pa lang at nailagay kana sa section na yun, hindi kana makaka-alis hangang sa maka-graduate ka."**

Ang haba ng explanation nya. Kaya pala sabi ni Aries bagay ako sa section na yun. Pasaway kasi ako!

**"Anu pa?"**

**"Uhmmm... Hindi ko sure kung same ng batch namin yung batch nyo.... Kasi samin puro sanggano at hindi maawat ang napupunta sa section na yun. Hindi sila makasuhan ng expaltion dahil may mga backer sila."**

*Ahh.. Ganun pala yun.*

**"Eh bakit walang babae sa Section E?"**

**"Hindi ako sigurado pero dati pang wala'ng babae sa Section E. Minsan may nasasalit kagaya mo pero inililipat din sila agad... Siguro dahil hindi naman ganun kabarumbado ang mga babae sa school."**

Nahiya naman ako sa *barumbado*.

**"Kaya kung magpapakatino ka baka ilipat ka din nila agad sa ibang section."**

**"Hhmmm.. Okay naman ako sa Section na yun. Baka dun nalang ako."**

**"Ikaw bahala..."**

Kasi kahit nakakatakot sila minsan muka naman silang mabait. Tsaka ayoko pang mang-husga ng dahil sa Section E sila.

Marami pa kong gustong itanung kay Kuya kayalang nakalimutan ko na. Kakain muna ko at mamaya ko nalang iisipin ulit kung anu yun.

Nasa kalagitnaan pa lang ako ng pagkain ko ng magpaalam syang umalis. Babalik nalang daw ulit sya mamaya. Okay lang, baka maalala ko na yung itatanung ko.

Pagkatapos kumain mabilis akong naligo at nag-ayos. Balak ko kasing maglakad papasok ng school. Titignan ko kung ganu kalayo yung school sa bahay.

Pagbalik ko sa kusina para kumuha ng inumin nakita ko si Tita Gema.

**"GoodMorning po Tita.."** bati ko sa kanya.

Ngumiti naman sya sakin. **"GoodMorning din.. Papasok kana?"**

**"Opo.. Balak ko pong maglakad papunta sa school. Titignan ko po kung ganu kalayo."**

**"45mins.."**

Taka ko syang tinignan. **"Po?"**

**"45mins bago makarating sa school kung maglalakad ka lang."**

Ganun pa rin yung tingin ko sa kanya. Panu naman nya kaya nalaman yun?

**"Naglalakad lang din ako nun para makapasok sa school. Dun din ako nag-aral eh."**

Napa-*ahh* nalang ako. Astig ni Tita, ginawang walking distance ang school sa bahay.

**"Marami akong alam na short cut... Gusto mo turo ko sayo?"** Tanung nya sakin habang nakangiti.

Nag-nod naman ako. Agad syang kumuha ng papel para ibigay sakin ang instruction. Napaka-rami'ng Streets. Meron pang Avenida St., Bonifacio St., Aquino St. Atbp.

Pagkabigay sakin ni Tita nung papel agad akong umalis. Grabe! Daig ko pa si Dora sa pag-explore. Una kong sinubukan yung iskinita'ng pinaka-malapit sa bahay.

*Calla Street* ang nakapangalan dun. Ayon sa instruction ni Tita pwede kong piliin yung sunod na street para makarating sa susunod pang street.

*Camella Street* naman ang sunod then *Aquino Street*. Papasok na sana ko ng Aquino Street pero napahinto ako sa eksena.

May nag-susuntukan. Isa'ng lalaki pinag-tutulungan yung tatlong lalaki. *Huh?! Tama ba?!* Oo! Bagsak na yung tatlong lalaki tapos sipa parin ng sipa yung lalaki'ng nakatayo.

Pano kaya ako dadaan? Makipot kasi yung daanan. Nakaharang pa sila. Kung hihintayin ko naman sila'ng matapos baka abutin ako ng syam syam.

*Haaaaayyyyy!!!* Wala akong choice!

Lumapit ako sa kanya pero may distansya. Sakto lang para marinig ako nung lalaki.

**"Uhmmm... Excuse me! Makikiraan po----"**

**"KUNG GUSTO MO PA MABUHAY UMALIS KA DITO!"** Galit na sigaw nung lalaki.

Nag-salubong ang kilay ko sa sinabi nya. Pwede naman nyang sabihin ng maayos. Nakatalikod sya sakin kaya hindi ko makita yung muka nya pero parang taga-HVIS din sya dahil sa uniform.

**"Aalis ako kung padadaanin mo ko!"** Mataray na sagot ko sa kanya.

Bigla syang huminto sa pag-sipa dun sa mga lalaki. Kita ko yung pag-kuyom ng kamao nya.

*Hala! Nagalit ata!*

Humarap sya sakin at tinignan ako ng masama. Nakakamatay yung tingin nya pero agad ding nawala yun ng makilala nya ko.

Classmate ko to eh! Hindi ko lang maalala yung pangalan nya. Kasi hindi ko pa rin alam at inaalam.

**"Jay-jay?"** Ngumiti sya sakin na parang walang nangyari. **"..Classmate mo ko, remember?"**

Tumango lang ako at dire-diretsong naglakad. Nilagpasan ko lang yung mga lalaki'ng nakabulagta sa daan. May dugo na sa muka yung iba.

**"Teka! Papasok ka na?"**

Hinarap ko sya at tumango.

**"Sabay na tayo... Tapusin ko lang sandali to."** Sabi nya sabay turo sa mga pinag-sisipa nya.

**"Tapusin? Bagsak na yang mga yan... Anu pang tatapusin mo?"**

**"Hindi pa... Gusto ko dumudugo yung mga muka nila bago ko umalis."** Ngumiti na naman sya.

Ang brutal nito. Papatayin ata yung mga lalaki.

**"La! Bahala ka dyan. Aalis na ko!"**

Nagpatuloy na ko sa paglalakad kahit dinig kong tinatawag pa rin nya ko.

Ang bata nya tignan para makipag-away. Malaki pa nga ako sa kanya eh. Medyo maluwag sa kanya yung uniform nya kaya lalo'ng syang lumiit. Black ang buhok at medyo singkit. Cute sya kapag ngumingiti.

Dapat pala inalam ko muna mga pangalan ng classmate ko. Kahit lista ko muna sa papel. Si Felix, Keifer at Yuri pa lang yung kilala ko---

**"Wait lang!"** Dinig kong sigaw nya.

Hindi na ko lumingon dahil sa sigaw pa lang nya obvious na tumatakbo sya.

Hinawakan nya ko sa balikat ng maabutan nya ko. Naghahabol sya ng hangin at napahawak nalang sa tuhod bilang suporta.

**"S-sabi ko... Hintayin mo ko..."** He said while catching breath.

**"Baka malate ako kapag hinintay kita..."**

Umayos sya ng tayo. **"Hindi yan.. Maaga pa kaya."**

Hindi na ko nagsalita at bumalik nalang sa paglalakad. Sumunod naman sya sakin.

**"Ako nga pala si Ci-N..."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 6

**Love Triangle**

***Jay-jay's POV***

Nililoko ata akong nitong lalaki na to. Nakarating na kami sa school at hindi pa rin natatapos ang kwento nya kung bakit Ci-N ang pangalan nya.

Hindi talaga ako nakikinig kaya wala akong naintindihan. Ang haba ng kwento nya. Bigyan ko kaya ng papel, ballpen at sobre to para ipadala nalang nya kay Ate Charo yung istorya nya. Hindi ko namalayan kung nasan na kami dahil sa haba ng kwento nya. Hindi ko nga sure kung may saysay pa yung mga detalye ng kwento nya.

**"Kaya ayun... Ci-N nalang daw."** Pagtatapos nya.

*Sa wakas!*

**"Wow... Ang galing naman ng kwento mo."** Binigyan ko sya ng plastic na ngiti.

Sana lang hindi nya maramdaman na sarcastic yung pagkaka-sabi ko nun.

Pero mukang hindi naman, ngumiti na naman kasi sya. Para syang bata kapag ngumingiti. Madaldal din, para'ng hindi nauubusan ng kwento.

**"Pwede ba kong maghingi sayo ng favor?"**

Tinignan ko lang sya at hinintay yung sasabihin nya.

**"Pwede mo ba kong ibili ng pagkain sa cafeteria mamayang lunch?"**

*Ayun!* Naalala ko na yung gusto ko itanung kay Kuya Angelo kanina. Buti nalang pala nakasabay ko tong moko'ng na to, sa kanya ko na rin itatanung yun.

**"Bakit ba hindi kayo makapunta sa cafeteria?"**

Ngumiti na naman sya sakin. **"Wala lang... Tinatamad lang kami."**

Saksakin ko kaya gilagid nito. Tignan ko kung makangiti pa sya.

**"Tsk! Bahala ka! Hindi kita ibibili mamaya!"** Inis na sabi ko. Binilisan ko yung lakad ko para maiwan sya pero hinabol pa rin ako.

**"T-teka..."** Tinignan ko sya. **"...Kapag sinabi ko sayo, wag mo sabihin kila Keifer na sakin ng galing ah?"**

**"Oo.. Promise, hope you die."** Sabi ko habang nakataas ang kanang kamay.

**"Hope *TO* die yon eh.."** paglilinaw nya kabang nagkakamot ng ulo.

*May kuto siguro to?*

**"Oo! basta yun."**

**"Hindi naman sa hindi kami makapunta... Pwede naman talaga kaming pumunta, pinagbawalan lang kami ng grupo ni Keifer at Yuri."**

Taka ko sya'ng tinignan. **"Sabi sakin bawal daw kayo don.."**

**"Bawal nga! *Binawalan* nga kami NILA..."**

Tinignan ko sya ng masama. Nakakainis din kausap to eh.

**"Oh bakit kayo *binawalan* nila Keifer at Yuri?"**

Tumingin muna sya sa paligid. Malapit na kami sa building namin kaya wala ng masyadong student. Section E lang ata kasi yung nagr-room sa area na to.

Ng masiguro nyang wala ng istudyante sa malapit, dun lang sya nagsalita.

**"Dahil sa babae... May naging classmate din kasi kaming babae bago ikaw. Mas matagal sya sa Section namin kumpara sa mga nauna. Naging sila ni Keifer, ang tsismis ginamit lang nya si Keifer para makarating sa higher Section kahit lagpas na sya ng periodical exam."**

Parang lalo akong naguluhan. Ang dami nyang kwento ang layo naman sa tinatanung ko. Babae? Hindi kaya yung Ella Dianne yun?

**"Teka! Kala ko ba teacher ang tutulong sa paglipat sa student? Kaya nga pinapapili ako ni Ma'am Zaragosa ng Section eh."**

**"Kasi... Dipende talaga sa average yun at kung may backer ka, sureball na!"**

Ahh.. Hindi maganda yung grades at record ko sa dati kong school. Ibig sabihin, backer ang dahilan kung bakit ako pinapalipat. Pero sino?

**"Tuloy ang kwento..."** Utos ko sa kanya.

**"Sige... Yun na nga, sya yung reason. Nung nakarating na sya sa higher section, nagbago na ugali nya. Hindi na nya kami pinapansin, ikanahihiya din nya yung Section namin. Tapos one day, nakita ni Keifer na may kahalikan yung babae sa cafeteria. Nagwala na ang Mokong at muntik pa mapatay yung kahalikan ni Girl."**

*Pffftttt... Girl?! Bading lang?*

**"Tapos nasundan pa yon mga dalawa or tatlong beses pa. Nagalit ang principal ng school kaya i-expel na sana si Keifer pero malakas ang backer nya eh. Kaya ayun binawalan na sya pumunta ng cafeteria or lumapit dun sa babae at lalaki'ng binanatan nya."**

Ang haba ng explanation nya. Muntik na sumakit ang ulo ko. In the end napa-away lang pala ang luko sa cafeteria. Pero meron pa kong pinag-tataka. Tsaka panu nagamit nung girl si Keifer para makarating sa higher section? Dahil kaya sa backer nya? Tsk! Si Yuri pa pala.

**"Eh anu yung kay Yuri? Bakit pati sya pinagbawalan kayo?"**

Hindi sya sumagot. Huminto ako sa paglalakad ng makita ko'ng malapit na kami sa room. Naglakad pa sya ng ilang hakbang palayo sakin bago huminto at harapin ako.

Nakangiti lang sya. *Nakangiti na naman?!*

**"Yung tanung ko..."** Sabi ko sa kanya.

**"Chicks din kasi ni Yuri yun... Inupakan din nya yung lalaki sa cafeteria din, maraming beses. Nagalit ang principal at tinangka din syang i-expel pero----"**

**"May backer..."** Pag-dugtong ko.

Ngumiti na naman sya at nagpatuloy sa paglalakad.

Napaka-tindi'ng revelation nito. Love triangle lang ang peg. Sino kaya yung girl at tsaka yung boy na inupakan ni Keifer at Yuri.

Ang haba ng hair ni Girl, hindi ko kinaya. Ano kayang gamit nyang shampoo? Pero hindi ko na rin siguro bet na alamin pa. Parang ayaw ko syang makilala, wala naman kasing dahilan pa.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

Kanina pa tumatawag sakin si Kuya. Alam kong naka-uwi na sya ng bansa at alam ko na rin na may balak syang pabalikin ako sa bahay.

*Not gonna happen.*

**"Hey Dude!"** Bati sakin ni Kiko.

**"What's up Dude?!"** Bati ko naman.

Tumabi sya sakin sa pagkaka-upo sa bench.

**"I saw your cousin.."** I look at Kiko. **"..She's pretty, malayo sa sinasabi mo'ng takaw basag-ulo."**

I chuckled. **"Bumabase ka lang ba sa itsura?"**

He also chuckled. **"Minsan... Para sa pinsan mo? Siguro Oo."**

I laugh shortly while shaking my head. **"Stop it Kiko. Baka mag-sisi ka kapag nalaman mo'ng muntik na sya makapatay."**

**"You're kidding.. right?"**

I shook my head. He's now looking at me seriously.

**"H-how?"**

**"Inatake ang Lola ko sa puso ng dahil sa kagagawan nya."**

Parang nakaginhawa si Kiko na hindi ko maintindihan. Type nya talaga si Jay-jay? No fvcking way!

**"Kala ko naman with her hand talaga..."** He said and walk away.

Hindi sa sinisiraan ko si Jay-jay pero yun naman talaga ang totoo. At hindi lang si Lola ang muntik ng mamatay ng dahil sa kanya. Napahawak ako sa ibabang parte ng dibdib ko. The pain, I still remember how it feels like. Ang pagiging bayolente niya ng araw na yon ang bumago ng lahat sa pagitan namin.

Sa parehong araw din na yon nakitang ko syang lumaban sa mas malaki sa kanya. Wala syang takot at parang walang naririnig. Sobrang dami ng dugo sa kamay nya, wala ring buhay ang mga mata nya. Simula nun nag-iba na ang tingin ko sa kanya.

At hangang ngayon ganun pa rin ang tingin ko sa kanya.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"Anu balak natin sa kanya?"** Bulong sakin ni Felix habang nakatingin sa harap.

**"Bahala kayo... Wala akong maisip."** I whispered back.

Nakita kong lumingon si Jay-jay kay Ci-N. May nagsabi din sakin na sabay silang pumasok. Mukang naka-kuha na sya ng kaibigan.

Friendly si Ci-N, pero isip bata. Masyado rin syang madaldal. Kahit ganun hindi naging problema yon sa pakikipag-away. Kaya nya labanan ang lima'ng tao kahit mag-isa lang sya.

Hindi ko alam kung panu sila nagka-usap pero wala na kong paki-alam dun.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Buset! Sa kagustuhan kong makasagap ng kasagutan sa mga tanung ko pumayag akong magpa-uto sa lintik na Ci-N na yun.

At ngayon eto ako papasok sa lungga ng mga pisti para lang bumili ng pagkain ng hayop na lalaki na yun. Nagbaon nga ako eh para hindi na pumunta dito.

*Hay! Eto na papasok na ko!*

Pagtungtong ng dalawang paa ko sa pinto agad akong tinignan ng lahat. Huminto sila para lang tignan ako at maya-maya lang nagbulungan na sila. Bulungan na malakas, may microphone ata sa lalamunan.

"*Sya yun?*"

"*Sa Section E daw yan...*"

"*Nag-iisa'ng babae dun.*"

"*Aalis din sya dun..*"

"*Kelan pa?*"

Lumapit ako kay Ate'ng tindera. Wala kasing nakapila. Sinabi ko sa kanya yung mga bilin ni Ci-N. Inaasikaso na nya yung special order na halatang out of this world----may manga't bagoong kasi, merong puto at dinuguan.

**"Hi Jay-jay!"** Tumabi sakin si Rakki at kumaway.

Kumaway din ako pero binalik ko yung tingin ko sa Ate'ng tindera. Hindi ko feel makipag-kwentuhan sayo. Bahala ka dyan!

**"Kamusta ka pala sa Section E?"**

**"Ayos lang..."** Walang gana ko'ng sagot.

Tinignan nya ko habang naka-pout. **"Galit kaba sakin?"**

*Hindi naman... Medyo lang.*

**"Ha? Hindi naman..."**

**"Ahh.. kala ko----"**

Hindi na nya natapos ang sasabihin nya. Meron kasing nagpasukan na grupo ng mga istudyante. Nagtatawanan sila at nagkakaingay.

Pareho kaming lumingon ni Rakki sa pinto at nakita si Aries. Meron sya'ng kaakbay na babae. Ang ganda nung kasama nya. Mukang koreana, ang haba ng buhok at sobrang puti----gluta? Ang pula din ng labi nya samahan pa ng mahabang pilikmata. Artistahin lang ang peg.

**"Ayan na ang Section A."** Bulong ni Rakki.

Section A pala si Aries. Pati kaya yung kasama nyang babae, A din?

Napansin kong didiretso sila sa pwesto namin kaya agad akong humarap ulit kay Ate'ng Tindera. Dinig kong papalakas yung mga boses nila. Palapit na sila.

*Bakit ba ang tagal ni Ate?*

**"Hi Rakki..."** May bumati'ng babae kay Rakki pero hindi ko tinignan.

Hangang sa tuluyan na silang naglapitan at nabunggo pa ko nung isa. Hindi man lang nag-sorry! Ayos!

**"Hey Rakki Babe!"**

**"Fvck off!"** Inis na sagot ni Rakki dun sa tumawag sa kanya ng Babe.

**"Sungit mo tala---- wait! Is that the new girl?"** Sambit nung lalaki.

Pvtcha! Nananahimik na ko! Lumapit sakin yung lalaki at kinalabit ako.

**"Hi! Ako pala si Kiko, ikaw si Jay-jay tama?"**

*Wow! Ang bilis ko nama'ng sumikat.*

Ayoko sana syang harapin kayala'ng nakakahiya. Nagpapakilala yung tao oh! Ang bastos ko naman kung hindi man lang sya babatiin kahit simpleng ngiti lang. Pwede na siguro yung pilit.

Humarap ako sa kanya at tinignan sya. Ay! Putik! Kagwapo'ng nilalang nito!

*Bakit ang gwapo nito? Kaasar!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 7

## Crush

***Jay-jay's POV***

Na-stroke ata ako! Muntik na ko'ng hindi makagalaw kanina. Buti nalang tinawag na ko ni Ate'ng tindera. Baka hindi na ko nakagalaw ng tuluyan sa harap nu'ng Kiko na yun.

*Bakit ba may mga ganun ka-gwapo'ng nilalang?*

OA man yung pagka-gwapo na sinasabi ko. Gwapo kasi talaga!

Yung kulot na medyo mahaba nya'ng buhok, mahabang pilik-mata, kulay brown yung mata, jaw line that fits perfectly on his face, kissable lips and samahan pa ng tanned color nya.

*Ahh daba? Gwapo? Napapa-english pa ko sa pag-describe!*

Kasalukuyan akong nasa second floor ng building ng Section E. Sa dating pwesto ko. Kumakain ako mag-isa dito. Hindi ko alam kung saan pumwesto si Ci-N. Pagka-abot ko kasi sa kanya ng pagkain, mabilis pa syang tumakbo kay *FLASH* paalis. Kakaiba'ng bata!

Tapos na kong kumain at nililigpit ko na yung baunan ko. Tutal maaga pa naman, naisip kong silipin yung mga kwarto dito sa second floor. Na-curious lang ako sa kung anong meron dito bukod sa basura.

Apat yung mga kwarto dito na may tig-dadalawang pinto. Marumi na yung mga kwarto, basag-basag yung mga jalusy, sira-sira na rin yung mga lamesa at bangko. Pwede pa rin naman sanang pakinabangan kung aayusin lang at papalitan mga gamit.

Pumasok ako sa isa sa mga room. Maraming nagkalat na papel sa sahig. Lalabas na din sana ako para silipin yung kabila ng may mapansin akong sobre na kulay Pink at may heart design sa sahig. Ang cute kasi ng pagkaka-ayos nya kaya hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi paki-alaman.

Pinulot ko yun at pinagpag. Makapal na kasi yung nakabalot na alikabok. Binuksan ko yung sobre at nakita kong may sulat pa sa loob.

Hindi naman sa paki-alamera ako. Pero nangangati kasi yung utak ko na malaman yung laman. Tsaka isa pa wala namang may-ari nito. Kung meron bakit iniwan dito? Ibig sabihin ayaw na nya. O pwede ring hindi natanggap nung dapat makakatanggap. Hmpf! Bahala na nga!

*Buksan ko nalang!*

Stationary pa yung gamit nung nagsulat at halatang babae dahil sa ganda ng pagkaka-sulat.

*Dear Calix,*

*HAPPY MONTHSARY!! I ❤ U*

*Pasensya kana eto lang nakayanan ko para sa monthsary natin. Pinag-iipunan ko na kasi yung gusto mong sapatos, at promise ko sayo na yun yung ibibigay ko sayong regalo sa birthday mo.*

*Gusto ko sana'ng sabihin sayo to ng personal kayalang natatakot ako kasi lagi kang galit kaya idadaan ko nalang sa sulat.*

*Calix, nagpapasalamat ako sayo kasi ako yung pinili mo sa dami ng naghahabol sayo at kahit sekreto to, masaya'ng masaya ako. Wag ka mag-alala kasi hindi ako naniniwala sa sinasabi nila na iba talaga yung girlfriend mo at marami ka'ng babae. Mahal na mahal kita at malaki yung tiwala ko sayo.*

*Sa totoo lang minsan naiinis na ko sayo kasi minsan na nga lang tayo magkita hindi mo pa ko pinapansin pero syempre hindi naman kita matitiis.*

*Lagi mo tatandaan na kahit anung galit or inis ko sayo, isigaw mo lang na mahal na mahal mo ko mawawala lahat ng yun.*

*Happy Monthsary ulit!! I ❤ You!*

*Mica* 😘

Bakit parang pamilyar tong Calix? Classmate ko ata to eh! Ewan! Hindi ko pa naman kasi sila ganun kilala. Kahit konti lang sila nakakatamad ding alamin pangalan nila ah. Malalaman ko din naman siguro yon sa mga susunod pang araw.

Pumapag-ibig?! Feeling ko babaero tong Calix na to. Ewan lang, hindi dapat ako manghusga pero feeling ko talaga eh. Malakas na kutob at paniniwala base na rin sa sinabi nitong Mica sa kanya. Sino kaya tong Mica na to? Dati rin kaya syang Section E? o baka nag-room dito bago maging tambakan ang lugar na to.

Binalik ko yung sulat sa loob ng sobre. Balak ko sanang ibalik sa sahig kayalang para'ng bigla ako'ng nagdalawang isip. Wala din namang may-ari nito kaya akin nalang. Kuwari may nag-bigay sakin, hehe. Kaya sinilid ko nalang sa bag.

Lumabas na ko ng room at sinilip yung kabila dahil maaga pa naman. Kayalang sarado'ng sarado yung room pati mga bintana may pintura at sarado'ng sarado din. Anu kaya meron dito? Bakit kaya isinara?

Tumunog na yung bell. Agad akong bumaba baka malate na ko sa sunod na subject. Buti nalang at malayo tong room namin sa civilization. Late na rin kasi nagsisidating mga teaher

Nakita ko yung mga classmate kong mukang lantang gulay. Wala si Yuri kaya feeling ko hindi sila napakain. Si Yuri pala kasi nag-dadala ng pagkain para sa kanila dahil nga syempre sila din ang dahilan kaya hindi na sila maka-punta sa cafeteria.

Si Ci-N naman smiling face as usual. Si Keifer naman naka-poker face lang habang may subong lollipop. Nakita ko si Felix na naka-pout sakin at parang tuta'ng nanghihingi ng pagkain sa amo nya. Naawa naman ako kaya kahit iisa lang yung baon kong chutchirya binato ko na sa kanya.

Bigla'ng nabuhayan yung mga classmate ko. Kayalang halatang wala'ng balak mamigay tong si Felix. Madamot din ang kumag!

Nagsitingin sila sakin at mga naka-poppy eyes pa. Kayalang nag-sign lang ako ng wala sa kamay ko. Kaya mga nagsi-yuko nalang ang mga luko. Kulang nalang umiyak na sila dahil sa pag-mamaka-awa.

Naupo na ko at naghintay ng klase. Habang naghihintay para'ng may naramdaman akong malamig sa upuan ko pero hindi ko na din pinansin kasi nawala din. Baka lumamig lang ang upuan ko dahil sa tagal kong nawala.

Habang nagka-klase, alam mo yung pakiramdam na pinag-tatawanan ka? Kapag tinignan mo naman kung sino yung nagsisi-tawa, wala naman akong makita.

*Nababaliw na ata ako!*

Kahit sa mga sumunod naming klase ganun din ang eksena. Bakit ba kasi? Anu'ng meron? Nang-iinis na naman siguro to'ng mga to!

*Mga impakto!*

Natapos ang klase at naglalabasan na nga mga classmate ko. Nag-aayos pa ko ng gamit kaya medyo nahuhuli ako. Nung matapos na ko at akmang tatayo, may mali.

May mali talaga! Sumasama yung upuan sakin. Tinignan ko yung puwetan ko at....Shit! Nakadikit yung palda ko sa bangko.

Nakarinig ako ng nagtatawanan sa harap malapit sa pinto. Si Keifer naka-smirk at sila Felix at mga kaklase nya nagtatawanan. Mga hayop! Nilagyan ng glue yung upuan ko! Animal!

*Kingina this!!*

Tinangka ko'ng alisin pero ayaw talaga. Naknang!

Tinignan ko ng masama si Keifer.

**"Don't look at me like that... I don't know anything about it."** Sabi nya at nag-smirk ulit.

**"Mga pisti kayo!"**

Bigla silang nagtawanan ng malakas dahil sa sinabi ko.

Lumapit sakin si Ci-N. **"Anyare sayo?"**

**"Ci! Tulungan mo ko!"** Sigaw ko habang tinatangka'ng humiwalay sa bangko.

Tinangka nya kong hatakin. Ipinatong nya pa yung isang paa nya sa bangko at hinatak ako.

**"Ayaw eh!"** Reklamo nya.

**"Ci-N! Hayaan mo na yan dyan! Umuwi na tayo!"** Sigaw nung isa sa nakikitawa.

*Animal! Pvtang'na kasi!*

Tumingin sakin si Ci-N tapos ngumiti. **"Uuwi na daw kami."**

Lintik na lalaki to! Nang-aasar ata!

**"Kingina! Iiwanan mo ko matapos ang lahat!"**

Biglang naghiyawan mga classmate namin. Putik! Binigyan ng ibang meaning yung sinabi ko!

**"Joke lang! Iiyak ka naman agad!"** Sabi ni Ci-N habang natatawa.

**"Hayop! Kapag nalaman ko kung sinong may gawa nito! Babalatan ko sya ng buhay!"** Galit na sigaw ko.

Nagtawanan ulit sila ng malakas na kinainis ko ng husto. Mga hayop men!

Pinilit ulit akong hatakin ni Ci-N pero pati sya halatang nahihirapan. Lalo lang lumalakas tawanan ng mga hayop!

**"Jay, panu ba yan? Ayaw talaga!"**

Aba! Gagalitin ako nito'ng Ci-N na to!

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Seriously? Susukuan mo ko dito?!"**

**"Eh kasi..."** Bigla syang tumawa ng malakas. **"...Wag mo ko pandilatan, ang pangit mo."**

*Buset!* Gagalitin talaga ako!

**"Ci-N!! Mapapatay kita!"**

**"Kung makaka-alis ka dyan bago ako maka-uwi"** Paghahamon nya.

*Tungunu!!* Kumukulo yung dugo ko mga 45°C!!

Tumingin ako sa grupo ng mga boys na nanunuod pa rin samin. Nagtatawanan pa rin sila at ang mga hayop... Naka-video na kami!

Wala na kong pagpipilian. Aabutin kami ng gabi dito, unless kung...

**"Hubarin mo nalang kaya palda mo."** Suggest ni Ci-N habang naka-ngiti ng nakaka-luko.

Biglang nahiyawan ang lahat at may sumipol pa. *Mga Animal!*

Nalukot na sa galit yung muka ko. **"Pvtang'na! Seryoso ka dyan?!"**

Tumawa na naman sya ng malakas. **"Joke lang!"**

Hayop to! Naiiyak na ata ako sa inis! Kabusit! Mauubusan ako ng dugo sa mga ito!

Pero may point sya, pwede ko hubarin. Naka-sikeling na itim naman ako. Medyo maikli pero muka nama'ng shorts short.

Sinubukan kong kapain yung zipper sa likod pero may problema, kalahati lang yung pwede buksan kasi kasamang naidikit yung kalahati.

*Shutanginames naman! Ugh!*

Wala na talaga! Mukang iuuwi ko tong bangko sa bahay namin. Nauubusan na ko ng paraan hangang sa mapatingin ako kay Felix. May utang na loob pa sakin tong hayop na to! Ilang beses ko sya binigyan ng Nova!

**"Hoy Felix!"** Tawag ko.

Tumingin naman sya samin. **"Hmm?"** Sagot nya sabay turo sa sarili.

**"Ay hindi, hindi naman ikaw si Felix diba?"** Sarkastiko kong sabi.

Pagtawa lang ang sinagot nya sakin.

**"Lumapit ka dito Felix!"** Sigaw ko.

Tinignan muna nya si Keifer bago lumapit samin. Anu yun? Nanghingi ng permiso?

**"Bakit?"** Tanung nya paglapit samin.

**"Tulungan mo si Ci-N! Alisin nyo ko dito!"** Utos ko. Bubuka palang sana ang bibig nya para pumalag pero inunahan ko na. **"..May utang na loob ka sakin! Ilang beses kita binigyan ng pagkain!"**

Nag-isip naman sya sandali sa sinabi ko. **"Okay... I'll help you!"**

Hinawakan nya ko sa braso, si Ci-N naman pumwesto sa likod para hawakan yung bangko.

**"Okay... On the count of three----"**

Putol ni Ci kay Felix. **"Is it after three or on exactly three----"**

Sinigawan ko sya. **"ON FVCKING THREE!"**

Nagnod naman sila pareho at pumwesto ulit.

**"One... Two... THREE!"** Sabay-sabay naming sigaw.

Yung feeling ng nakalaya ka. Masaya sana kayalang kasabay kasi ng paghatak nila, eh yung tunog ng napunit na damit. Punit eh! Punit talaga! Hindi ko na kailangang itanung kung anu yun.

Hindi ko na rin kailangang lumingon para tignan ang reaksyon ni Ci-N. Ramdam kong maligaya sya sa nakikita.

**"Wow... Nice ass."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 8

**Polo**

***Jay-jay's POV***

Ngayon ko ramdam yung kahihiyan na sinasabi nila. Although lagi na ko napapahiya dati pero iba to eh!

Uuwi akong may nakabalot na polo sa pwetan ko. Buti nalang at naawa sakin si Ci-N at pinahiram sakin yung polo nya. Tinupi ko yun ng tatlo para kumapal at binalot ko sa pwetan ko. Ginamit ko yung manggas pang-tali. Salamat nalang at ang laki ng Polo nya.

Para tuloy may design ang palda ko. Sobrang fitted tuloy sa may pwetan at hita ko. Ang hirap maglakad dahil pakiramdam ko matatanggal ang balot kapag nagkamali ako ng galaw.

Pinagtitinginan ako ng mga istudyante tapos magbubulungan. Hindi ko naman sila masisi dahil sa itsura ko.

Papalabas na ko ng school at kasunod ko yung mga hinayupak na may kagagawan ng kahihiyan ng buhay ko.

**"Ci-N! Sexy ba?"** Tanung nung classmate naming hindi ko pa know ang name.

**"Oo.. kahit naka-sikeling kita ko yung kaseksihan."** Sagot ni Ci-N.

May pumito sa kanila at bigla silang nagtawanan.

Mga hayop! Huminto ako sa paglalakad at tinignan sila ng masama.

**"Don't get mad! It's a compliment!"** Sabi nung Keifer at ngumiti ng nakakaluko.

**"Fvck your compliment!"** sigaw ko sa kanya.

Bumalik na ko sa paglalakad pero bigla nalang ako napahinto ng makita ko si Aries na nakatingin sakin. *Shete!* Ang masama pa! Kasama nya yung mga classmate nya at si...Kiko!!!!

Sobrang nakakahiya yung itsura ko! Pvtang'na naman kasi eh!

**"Hey Jay!"** Bati sakin ni Kiko habang nakangiti. Pero nawala din yun ngiti na yun na makita nya yung nakabalot sakin. **"What is that for?"**

**"Ahh... Anu... Kasi----"**

**"Tinagusan sya!"** Sigaw ni Ci-N mula sa likod at bigla silang nagtawanan.

Ay pvtang'na! Papatay na ko ng tao, malapit na!

Ramdam ko yung pag-init ng pisngi ko. Nagtawanan na rin yung mga classmate ni Aries dahil sa sinabi ni Ci-N. Pero si Aries seryoso pa rin ang muka na nakatingin sakin----hindi, nakatingin sya sa likod ko.

Bigla'ng naging seryoso yung muka ni Kiko. **"Tell me Jay... Binu-bully kaba ng mga to?"**

Ramdam ko din yung bigla'ng pagseryoso ng mga tao sa likod ko. Naku! Baka mag-simula pa ng away dito tong mga to!

**"H-hindi... Ano kasi... T-totoo yung sinabi ni Ci-N... Woman thing lang to."** Sana lumindol at bumuka ang lupa. Sobrang nakakahiya tong ginagawa ko!

**"Sure?"** Tanong pa nya.

Ngumiti naman ako at nag-nod.

**"Ahh... Sabihin mo lang kung may ginagawa silang hindi maganda sayo. Ako'ng bahala"** Sabi nya pa na parand handa talaga akong ipagtanggol.

Ahihihi! Pwede kiligin?! Kakakilig kasi tong crush ko na to! Tapos ngingiti pa. Feeling model ng toothpaste.

Partida! Hindi pa kami close nyan ah!

**"Tss. Parang kaya mo kami."** Parinig ni Keifer dahilan para lahat ng classmate nila Aries at Kiko maalarma.

*Busit toh! Naghahanap talaga ng gulo!*

**"Of course kaya ko... Napabagsak ko nga si David kayo pa kaya."**

Hala! Basag ulo din pala ito'ng lalaki na to! Okay... Bawas pogi points.

Napalingon ako sa grupo nila Keifer. *Ayan na!* Lahat sila seryoso na yung muka. Yung feeling ng mabigat na awra.

**"Naawa lang sayo si David kaya hinayaan ka nyang manalo."** Sabi ni Felix.

Sinong David? Sino na naman yun?

**"Really? Parang hindi kasi yun yung nangyari."** Ngumiti naman sya ng nakaka-asar.

**"Okay...Obvious na obvious kung saan mapupunta to! Kaya bago pa kayo makarating don, magsi-uwi na kayo."** Awat ko sa kanila.

Tumingin naman sakin si Kiko at ngumiti. Sumunod ka! Kahit pogi ka, sumunod ka!

**"Mabuti pa nga... Wala din naman ako sa mood para makipag-away."** Sagot nya sakin.

Buti sumunod sya. Hehe! Goodboy!

**"Tss. Coward."** parinig na naman ni Keifer at nagsimula na syang maglakad papunta sa ibang direksyon malayo samin.

**"Mabuti pa Jay, sumabay kana sakin. Ihahatid na kita."** Offer ni Kiko.

*Enebe?! Mwuhehehe...*

**"Hindi pwede.. kasi ihahatid ko na sya."** Sabi ni Ci-N at nagsmile.

Oo nga pala yung polo nya. Pwede ko namang ibigay to sa kanya bukas. Kayalang nahihiya din akong sumabay kay Kiko.

Hanu ba yan?!

**"S-sorry Kiko... Ibabalik ko pa kasi sa kanya tong polo nya. Sa... Sa kanya nalang ako sasabay."**

Huhuhuhuhuhu! Sorry naman!

**"Uhmmm... But next time sakin kana sumabay ah?"** Sabi nya habang nakangiti ng matamis.

Nag-nod naman ako. Naglakad na kami paalis ni Ci-N. Nang masiguro kong malayo na kami agad ko syang hinead lock.

**"Kingina mo! Anu yung sinasabi mo kanina?!"**

**"Aarrgghhh... Masakit Jay!"**

**"Masasaktan ka talaga! Hinayupak ka!"**

Lalu kong hinigpitan yung pagkakasakal sa leeg nya. Hinampas-hampas ko rin sya sa ulo.

**"Jay! Masa.... Kit!"**

**"Gago ka kasi!"**

Ramdam kong hirap na sya sa paghinga. Wala naman akong balak patayin sya kaya binitiwan ko na rin.

**"P-papatayin mo na talaga ako?!"** Sabi nya habang umuubo.

**"Oo sana! Nahiya lang ako sa polo mo!"** Sabay turo sa polo nya na nakabalot sakin.

Tumuloy na ko sa paglalakad. Hindi muna ko gagamit ng short cut kasi nakalimutan ko na din ang daan. Sa tabing daan lang ako at nakasunod naman sakin si Ci-N.

Hindi ko alam kung galit sya sakin o anu. Seryoso kasi nung muka nya. Panay din ang lingon sa paligid. Paranoid lang?

Nakarating kami sa bahay. Totoo pala yung sabi nila na mas mabilis maglakad kapag uwian. Hehehe.

Huminto ako sa gate ng bahay at hinarap si Ci-N. Ngumiti naman sya sakin.

*Smile lang.. Smile!*

**"Hintayin mo ko dito... Magbibihis lang ako."**

**"Hindi na.. hinatid lang talaga kita."**

**"Panu tong polo mo?"**

**"Hindi na... Marami ako nyan sa bahay."**

Wenks!

**"Kahit na... Tutal andito kana kunin mo na!"** Hindi ko na sya hinintay makasagot. Agad akong pumasok sa loob.

Nakita pa ko ni Tita pero agad akong tumakbo papunta sa kwarto ko. Kumuha ko ng short at agad na tinanggal yung polo ni Ci-N. Hinubad ko na rin yung palda ko.

Hay... Halos wala ng matira sa likod na part ng palda ko. Sayang naman to!

Sinuot ko na yung short at pinagpag ko naman yung polo ni Ci-N para maunat kahit kaunti. Hindi muna ko ngpalit ng blouse. Baka kasi layasan na ko nung ulupong.

Agad akong tumakbo palabas. Hindi pa ko nakakalapit kay Ci-N pero kita'ng kita ko na naka-smirk sya. Nakaharap sa ibang direksyon at parang may tinitignan.

Lumabas naman ako at tinignan din yun pero wala naman. **"Anung tinitignan mo?"**

Ngumiti sya sakin. **"Wala.. Alis na ko."** Sabi nya tapos kinuha yung polo nya sa kamay ko.

Hindi man lang hinintay yung sasabihin ko at mabilis na syang nakalayo. Nagmamadali?! Ay teka....

**"CI-N! THANK YOU!!"** Sigaw ko.

Hindi ko nga lang alam kung narinig nya. Hindi kasi sya lumingon o huminto man lang. Ganun?

Papasok na sana ko sa loob ng bahay ng may mapansin akong grupo ng kalalakihan na sumunod kay Ci-N. Nakaramdam naman ako ng kaba. Baka mapa-away tong mokong na to.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Ci-N's POV***

**"Kala mo ba papalagpasin namin yung ginawa mo sa mga kasama namin kanina?"** Sabi ng isa sa kanila habang pinapatunog ang buto sa kamao.

Kaya ko din yan, lalo na sa buto sa paa.

Ngumiti naman ako sa kanila. **"Not really."**

Kanina ko pa sila hinihintay. Akala ko nga susugod sila sa harap ng bahay nila Jay-jay. Buti nalang at may takot din sila. Nakakahiya sa mga tao don pag-nagkataon. Pagkakaguluhan ang ka-cute-tan ko.

**"Wag ka ngang ngumiti!"** Sigaw nung isa sa kanila.

*Pito sila'ng nakapalibot sakin. Kakayanin ko kaya? Bahala na.*

Lalu ako'ng napangiti dahil sa sinabi nya. Hindi ko mapigilan, nasasabik ako.

**"Tignan ko lang kung makangiti kapa pagkatapos ng gagawin namin sayo."**

**"Bungi nga nakakangiti... Ako pa kaya'ng buo ang ngipin."**

Pati sila tumawa rin sa sinabi ko. Pero alam kong iba ang meaning ng pagtawa na yun.

**"Yung babae'ng kasama mo... Maganda sya. Pagkatapos namin sayo sya naman ang pupuntahan namin."**

Nawala ang ngiti sa muka ko. Mali pa yata na hinatid ko sya. Delikado, pati bagong classmate namin nadamay ko pa. Wala akong pagpipilian kundi ang siguraduhing wala silang gagawin kay Jay-jay.

**"Daldal nyo... Anu oras pa ba tayo magsisimula?"** I said boredly.

Bigla sumugod yung isa sa kanila. Malakas na suntok ang binigay nya pero syempre naka-ilag ako. Yun nga lang hindi ko naiwan ang suntok ng kasunod nya. *Shit!* Hindi ko nakita yun.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Ang sama ng loob ko. Syempre dahil pa rin dun sa palda ko. Pa-frame ko kaya ito para damang-dama.

Buset kasi yung mga talipandas na yun! Sumpain sila! Magsara sana butas ng pwet nila! Kaasar!!!!!

**"Miss Jay... Kakain na daw po."** Tawag sakin nung maid nila Tita.

Bakit kaya may Miss pa? Dalaga'ng dalaga ang dating.

Lumakad na ko palabas ng kwarto at dumiretso sa dining area nila Tita. Andun na si Tita at Kuya Angelo pati na rin si Aries.

Aries? Andito sya? Umuwi na sya.

**"Upo kana Jay.."** utos ni Tita.

Umupo naman ako at sandaling sumulyap kay Aries. Nakatingin lang sya kila Tita at Kuya Angelo na katabi ko.

**"Simula bukas.. isabay mo na si Jay-jay sa kotse mo."** Sabi ni Kuya Angelo.

Napatingin ako kay Kuya at Aries na salubong ang kilay sa inis.

**"Kuya... Mas gusto kong maglakad."** Sabi ko at halatang hindi nagustuhan ni Kuya yun.

**"No.. Sasabay kana kay Aries."**

Hala! Baka tuluyan ng maghurimintado tong si Aries kapag sumabay ako sa kanya.

Nagtagpo ang tingin namin ni Aries. Ramdam kong gusto na nya kong ilibing ng buhay. Si Kuya naman kasi kung anu-anu yung pinagsasasabi.

Sya rin siguro nagpa-uwi kay Aries dito sa bahay. Kahit sino kasi susunod dito kay Kuya. Nakakatakot kaya sya magalit.

Sya rin lagi tinatawag nila Lola para kumausap sakin. Alam kasi nilang takot ako kay Kuya. Buti nalang behave na ko ngayon. Si Aries na yung mainit sa mata nya.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 9

**Order**

***Yuri's POV***

**"Anung sabi ni Ci-N?"** I ask.

**"Halata daw sugat nya sa muka... Hindi daw muna sya papasok."** Keifer answer.

Nakarating kasi samin na nakipag-away sya. Pito daw ang nakaharap nya. Knowing Ci-N, alam naming kaya nya yun pero nung sinabi nyang may natamo syang sugat at pasa, malakas ang kutob naming hindi basta-basta ang mga nakalaban nya.

**"Galing daw sya kila Jay-jay nung sinalubong sya ng mga luko."** Dagdag ni Felix habang kumakain.

Napataas ang isang kilay ko. Jayjay?

**"Anu namang ginawa nya dun?"** Keifer ask.

**"Hinatid ata..."** Sagot nya kasunod ng malakas na pagdighay.

*Arrghh! Kadiri!*

Tinignan ko sya ng masama. **"Saan na naman ba galing yang kinakain mo?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

**"Kay Jay-jay.."**

Seriously?

Nagsalubong ang tingin namin ni Keifer.

**"Akala ko ba, wala na dapat babae sa section na to? Bakit parang wala syang balak lumipat?"**

**"Ayaw nya eh.. Anung gagawin ko?"** Keifer answer boredly.

**"Baka kasi kulang pa yung ginawa nyo? Yung nauna sa kanya, isang beses nyo lang pinag-tripan."**

**"Talagang papaalisin na natin si Jay-jay? Sayang naman..."** Singit ni Felix.

**"Felix.. napag-usapan natin to dati diba?"**

**"Yeah..."** He answer shortly.

Binalik ko yun tingin ko sa harap at inayos ang salamin ko. Hindi sa galit ako sa babae or something pero babae kasi ang naging dahilan ng kaguluhan namin.

Ayoko ng maulit yun. Napapagod na nga ako sa mga nangyayari sa bahay pati ba naman dito.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Para akong tanga dito sa kotse ni Aries. Hindi kasi ako gumagalaw. Kung pwede ko nga lang pigilin yung paghinga ko, ginawa ko na kanina pa. Buti nalang hindi ako nauutot.

**"Uhmmm.. Aries."** Panimula ko pero diretso pa rin ang tingin nya.
**"..Alam kong galit ka sakin, gusto ko sana'ng mag-sorry----"**

**"Jay, your *sorry* won't change anything."** Seryosong sagot nya.

**"I-i know... I just want to----"**

Bigla nyang hinampas yung manibela ng kotse. Medyo nagulat ako pero ganun pa rin yung itsura nya. Sayang yung english ko.

Ayoko'ng dagdagan ang galit nya sakin. **"Aries... Paki-hinto yung kotse. Dito nalang ako."**

Kayalang hindi nya ko pinansin at tuloy-tuloy pa rin ang kotse. Hangang sa makarating kami sa school at inihinto nya sa parking. Bababa na sana ko pero naka-lock pa rin yung pinto ng kotse.

Tinignan ko sya pero tahimik lang sya. He release a heavy sigh.

**"Matagal bago mawala ang galit... Sundin mo nalang ang gusto ko at ni Kuya. Baka sakaling magbago yun."**

Inunlock nya yung pinto at lumabas. Lumabas na rin ako agad at naglakad palayo sa kanya.

*Baka sakaling magbago..*

Binibigyan nya ko ng chance. Eto na yun, pwede na kaming magkasundo ni Aries. Papatunayan ko na nagbago na talaga ko. *Yeah! I'm a good girl now.*

Nakangiti ako'ng pumasok sa room namin. Pero nawala din yun ng makita ko yung upuan ko. Andun kasi yung bahagi ng paldakong nadikit sa bangko.

Tinignan ko ng masama yung grupo ni Keifer. Aba! Pumasok na si Yuri! Poker face lang ang luko pati si Keifer.

Dahil para sakin parte ng masakit na nakaraan itong ritaso ng palda ko. Hindi ko na aalisin yan. Dyan na yan forever. Kuhanan ko picture mamaya. Kinapa ko muna yung upuan bago maupo. Mahirap na!

Agad kong hinalungkat yung bag ko para kunin yung notebook at libro ko. Kayalang dahil sa dami ng chocolate sa bag ko nahirapan akong kunin yun.

*Bakit parang ang lalim ng bag ko?*

Napadami ata yung dala kong chocolate. Sila Ci-N at Felix lang naman yung bibigyan ko. Si Kuya Angelo kasi may kasalanan nito eh.

Sobrang dami nyang pasalubong sakin. Meron pa ngang damit at handbag. Para namang gagamitin ko yun.

Lumingon ako sa likod para tawagin si Felix. Halatang kakakain lang nya ng Nova. Dinidilaan pa nya yung daliri nya eh. *Eewww*!

**"Felix! Tara dito!"** Tawag ko.

Tatayo na sana sya para lumapit pero pinigilan sya nung Yuri. Problema nito?

**"Kung ikaw may kailangan bakit hindi ikaw ang lumapit."** Sabi ni Yuri.

Napa-kunot ang noo ko sa sinabi nya. Napaka-sungit pala nito! Inirapan ko naman sya.

Kumuha nalang ako ng isang malaking Chocolate sa bag.

**"Felix!"** Tawag ko at hinarap ang chocolate sa kanya.

Parang aso'ng naglaway ang luko. Pati mga classmate namin napatingin na rin at mga kuminang ang mata sa hawak ko. Ngayon lang ba naka-kita ng chocolate tong mga to?

Pati si Keifer tumingin din samin pero naka-poker face lang.

Walang nagawa si Yuri ng tumakbo si Felix palapit sakin para kuhanin yung binibigay ko.

**"Akin talaga to?!"** Tuwang tuwang tanung nya pagkakuha ng chocolate.

Ngumiti naman ako sa kanya. **"Oo.. Sayo yan."**

Parang bata'ng nagmamadali si Felix sa pagbukas ng kahon ng tsokolate. Dahil sa taranta hindi nya mabuksan ng maayos hangang sa agawin na ito sa kanya ni... Keifer?

**"Bagal mo!"** Reklamo nya at sandaliang binuksan ang kahon.

Kumuha sya ng kaputol at ibanalik yun kay Felix.

Taka ko syang tinignan. Mahilig din pala sa chocolate to pero mukang ayaw nyang ipahalata.

Tumaas ang isang kilay nya ng mapansing nakatingin ako sa kanya. *Ay shit!* Bakit nga ba ko nakatingin sa kanya?

**"Gusto mo talaga nag-dadala ng pagkain no?"** Keifer suddenly ask.

**"Huh?!"**

**"Then i have a task for you."** He said and get back to his sit.

Magtatanung pa sana ako kung anu ibig nyang sabihin pero biglang dumating si Sir Alvin.

Anu kaya'ng task yung ibig nyang sabihin? Kinakabahan naman ako. Mamaya kalokohan na naman nila yun. Baka pagt-tripan na naman nila ko. Anu na namang kayang balak nitong mga to? Hindi tuloy ako makapag-concentrate sa tinuturo ni Sir.

Bakit nga pala wala pa rin si Ci-N? May nangyari na kaya sa kanya? Naisip ko tuloy yung mga lalaking sumusunod sa kanya.

Natapos ang klase. Nag-ayos na ko ng gamit para maka-alis na ko dito at makapag-lunch sa hide-out ko. Hehehe gutom much!

**"Jay!"** Tawag sakin ni Felix.

Tinignan ko sya at napansin kong palapit silang lahat sakin. As in lahat! Buong klase pati si Keifer and Yuri.

**"Oh!"** Sabi nitong Keifer habang may inaabot na papel.

Kinuha ko yun at tinignan.

*Order #1*
*2 rice/ minudo/ 1 battled water.*
*Order #2*
*2 1/2 rice / sinigang na hipon / orange juice*
*Order #3*
*Lasagna / ice tea*

*So on.....*

**"Anu to?"** Taka'ng tanung ko.

**"Order namin.. ikaw bumili sa cafeteria."** Sabi ni Keifer.

Bakit ako? Ayos to! Nakakuha ng katulong ang hayop!

**"Anu?! Andami nyan?----hello? Iisa lang kaya ako!"**

**"Edi gawan mo ng paraan."** Sagot ni Yuri.

Woaahhh.... Kapang-init ng ulo to ah! Hinga ng malalim.

**"Bakit ba ako mga inuutusan nyo?"**

**"Mahilig ka lang din nama'ng magdala ng pagkain, edi panindigan mo na. Ikaw magdala ng mga pagkain namin dito."** Sabi ni Keifer habang nakapamulsa ang isang kamay.

**"What makes you think that i will follow you?!"** Sabi ko ng may pagtataray.

English yan para sulit sa katarayan. Akala nyo sakin? Basta-basta susunod? Hindi uy! Wais to men, wais!

**"Simple..."** Panimula nya. Biglang nag-iba itsura nya. Naka-smirk at malalim ang tingin sakin at unti-unti'ng syang naglakad palapit sakin. Ewan ba... May kung ano sa tingin nya at napa-atras ako. Sa bawat hakbang nya ay bawat atras ko naman. Hangang sa napahinto ako dahil sa lamesa sa likod ko.

Parang pati puso ko nataranta at tumibok nalang ng malakas at mabilis.

*Hoy puso! Bakit ka nagkaka-ganyan?!*

Sa magkabilang side ko, unti-unti pinadaan ni Keifer ang dalawang kamay nya hangang sa mailapag nya yun sa lamesa sa likod ko. Wala na talaga akong kawala. Corner na corner na ko! Sobrang lapit ng muka nya sakin kaya bahagya akong lumiyad para mapalayo.

**"Hindi mo gugustuhing gutumin kami. Nanakmal kami. Baka ikaw ang kainin namin pag nagutom kami."** Then he wink.

Okay... Alam kong ibig nyang sabihin. Jusme! *Wag po Koya!* Anung gagawin ko? Kumakain pala sila ng tao.

Napalunok nalang ako. **"O-okay... Ibibili ko na kayo."**

Malakas ang naging hiyawan ng mga kaklase namin. Umayos ng tayo si Keifer at inabutan ako ng pera. Nakahinga na ko ng maluwag, unti-unti ding bumalik sa normal ang tibok ng puso ko. Tumayo na din ako at tinanggap ang pera.

"*Ayos pre..*"

"*Makaka-kain na rin tayo.*"

"*Oo nga.. nakakasawa na yung dala ni Yuri eh.*"

Pwede bang tumawa? Natawa kasi ako sa huli kong narinig. Agad din kasi syang tinignan ng masama ni Yuri. Hahaha. Salbahe'ng bunganga.

Tinignan ko ulit yung listahan na binigay nila sakin. Pvtcha! Dinaig pa yung listahan ng grocery.

**"May problema kaba sa listahan?"** Tanung ni Keifer.

*Ay marami! Pakain ko sayo to eh!*

Syempre hindi ko sinabi yun. Ngumiti nalang ako, yung plastik na ngiti. Para mahalata nyang inis na inis ako sa kanya.

**"Wala... Ang ikli nga ng listahan nyo eh. Baka gusto nyo pang dagdagan."** Sarkastikong sagot ko sa kanya.

Ngumisi lang sya ng nakaka-asar. **"Umalis kana.. nagugutom na kami."**

Maka-utos naman to! Wagas! Pero ginawa ko pa rin. Syempre mahirap na. Kuwari lang yang reklamo baka malintikan ako. Mabilis ako'ng naglakad papunta sa isinumpang cafeteria. Isinumpa yun, malas kasi.

Pag-pasok ko, as usual tumahimik ang lahat at nasundan ng bulungan. Pero wala sa kanila ang atensyon ko. Sa pila!

Ang haba ng pila, putik! Dinaig pa pila sa relief goods ng mga nasalanta ng bagyo. Nakipila na rin ako at baka madagdagan pa yung nakapila.

*Parang ang bagal umusad. Asar naman!*

Tinignan ko kung magkanu inabot sakin ni Keifer. Medyo makapal kasi yung pera.

*1... 2... 3... 4... 5... 6... 7... Dami ata? 8... 9... 10... Ten lang pala.*

**"Ten thousand?!"** Napasigaw ako kaya agad na pinagtinginan.

Hinigpitan ko yung hawak sa pera. Lintik na lalaki to. Napaka-raming pera! Kasya na to sa handaan ng pa-birthday. Umitin ko kaya?

Umusad ang pila at nakalapit ako sa isa sa mga tindera. Inabot ko sa kanya yung listahan at taka akon tinignan.

**"Ineng, saan ko ipaglalagay to? Napaka-dami nito."**

*Shete! Yun pa nga pala.*

Palagay ko nalang lahat sa isang kasirolang malaki. Para'ng kaning baboy. Kayalang baka magalit sakin si Keifer kumag.

**"Ate.. may box ba kayo? Dun nyo nalang lagay para mabibit ko lahat."**

**"M-meron.. sige."** Sagot ni Ate at agad inasikaso yung order ko----nila pala.

Nagtawag pa sya ng kasama para matulungan sya. Dami kasi talaga. Sabagay mga patay gutom naman ang mga yun kaya hindi na dapat ako magulat.

Habang naghihintay dun ko lang na-realize na pinag-uusapan pala ako ng mga tao dito.

"*Talaga? Swerte nya nakasama nya sila Keifer.*"

"*Pupusta ko papalipat din yan.*"

"*Nakita ko nga silang magkasama ni Ci-N. Malandi din pala.*"

"*Malay mo naman nagkita lang.*"

"*Cute kaya ni Ci-N.*"

"*Diba dun din si Calix yung ex ni Mica?*"

"*Nakita ko si Yuri, pumasok na sya.*"

"*Nakita mo sila Edrix? Gwapo nya diba? Kasama nya si Felix kanina.*"

Iba-iba yung nagsasalita, iba-iba rin ang sinasabi nila. Pero mero'ng naka-agaw ng pandinig ko.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 10

## Delivery

***Jay-jay's POV***

*Diba dun din si Calix yung ex ni Mica?*

Naalala ko kasi bigla yung sulat. Yung nakuha ko sa isa sa mga room sa second floor ng building ng Section E.

Kilala nila yung Mica.

**"Ineng!"** Sigaw ni Ate'ng Tindera.

Agad akong lumapit sa kanya. Katabi nya si Ate'ng kahera.

**"P1,445 lahat..."** Sabi ni Ate'ng kahera.

Agad akong kumuha ng 2,000 sa perang binigay nila sakin. At dahil hindi naman sa akin to...

**"Keep the change na Ate... Tip ko nalang dyan sa kasama mo'ng kumuha ng order ko."** Sabi ko habang nakangiti.

Halata'ng natuwa si Ate'ng tindera at agad na nag-*thank you* sakin.

Inabot nila sakin yung kahon. Hindi naman ganun kalaki yung kahon. Kasing laki lang kahon ng chutchirya. Akala ko yun na lahat pero napansin kong iaabot pa nila sakin yung isa pang kahon.

**"Teka... Bakit ang dami'ng kahon?"**

**"Ineng... Ang dami mo kayang order."**

Ay! Anu ba yan? Hindi ko kakayanin lahat to. Buset naman kasing Section E to!

**"Ate.. Babalikan ko nalang po yan. Hindi ko po kakayanin lahat."**

**"S-sige.."** sagot sakin ni Ate.

Agad kong binuhat yung kahon. Hindi naman mabigat pero ramdam mong may alangani'ng laman (ulam) sa loob.

"*Dami nyang dala..*"

"*Anung meron?*"

"*Sa kanya lahat yan?*"

"*Baka papaka-inin nya yung buong Section E.*"

"*Baka nga... Kaya siguro hindi sinasaktan kasi sinusuhulan nya.*"

"*Ganun pala yun.*"

Anu daw? Anung suhol? Hindi no! Bakit ko gagawin yun? Kaya ko naman kaya sila.

*Kaya pala ako napasunod sa utos nila ng di-oras.*

Nakalabas na ko ng cafeteria. Lakad lang ako ng lakad kahit obvious naman na pinag-uusapan at pinag-titinginan ako ng mga students na maka-kita sakin.

Sige lang.. push nyo yan!

*Bakit ba ang layo ng room namin?*

Nakakangawit ah! Hayop kang Keifer ka, ibabato ko sayo to!

Nakarating na ko sa building namin. Nakita ko pa si Felix na naka-abang sa pinto at agad na pumasok ng makita nya ko.

**"Andyan na sya!"** Sigaw nung isa sa kanila.

Pagpasok ko sa halip na tulungan ako binuksan na nila agad yung box para kunin mga pagkain nila. *Mga animal!*

Binaba ko yung box sa isa sa mga table. Nag-inat-inat na rin ako dahil nakaka-ngalay talaga.

**"Bakit wala yung akin?"** Tanung nung isa.

**"Yung samin din."** Dagdag pa nung isa.

**"Teka lang.. Meron pang isa, babalikan ko."** Sabi ko at mabilis na tumakbo pabalik sa cafeteria.

Nagugutom na ko! Kelan ba matatapos tong pahirap ng Section E na to? Pagbalik sa cafeteria, mahaba na naman ang pila.

Wala akong balak maki-pila. Meron na kong order at bayad na yun. Agad akong tumakbo sa may cashier at siniksik si Kuya na naka-unahan ng pila.

**"Anu ba yan?!"** Galit na sita ni Kuya pero hindi ko sya pinansin.

**"Ate yung box po!"** Sabi ko at agad nyang kinuha yung box.

**"Hoy! Ate pumila ka!"**

**"Kanina pa kami dito!"**

**"Wag kang singit!"**

Aba! Mga pisting to! Tinignan ko sila ng masama. Yung tipong nakakamatay, yung tagos sa laman at buto.

*Kingina nyo! Makuha kayo sa tingin!*

Inabot na sakin ni Ate'ng Tindera ang dalawa pang kahon. Medyo maliit na yun ng kaunti sa nauna. Kinuha ko at sinimula'ng maglakad.

Nasa kalagitnaan na ko ng cafeteria ng my biglang humarang sakin. *Ngayon pa talaga?!*

**"Excuse po!"** Sabi ko at hindi pa rin sya gumagalaw. **"..Makikiraan----"**

**"What is that?"** Tanung nung humarang.

*Shutanginames!* Lagot na ko nito! Si Aries ang nasa harapan ko.

**"Anu... Kasi..."**

**"Para sa Section E ba yan?"**

Hindi ako nakasagot. Nagsimula na ring magbulungan ang mga tao dito.

**"Pasensya na Aries... Kailangan ko ng umalis."** Dumaan ako sa tabi nya at nabangga ko pa yung braso nya.

Malapit na ko sa pinto ng bigla syang nagsalita. **"Put that thing down."**

Taka ko syang tinignan. **"Huh?!"**

**"Put.That.Thing.Down."** Mahinahon nyang sabi pero ma-otoridad. **"Do what i said now."**

*Aarrggghhh... Anu ba?*

Kailangan ko na talaga'ng umalis. Gusto ko man syang sundin, hindi ko magawa.

**"Sorry."** Yun na lang ang sinabi ko at mabilis na lumakad paalis.

Narinig ko pa syang tinatawag ang pangalan ko. Kingina kasi tong mga Section E na to!

Pagbalik ko sa room nakaupo na yung mga nakakuha ng order nila. Nagaabang naman yung mga hindi pa. Nilapag ko ulit yung mga box sa table at hinayaan ko sila'ng magkagulo ulit.

*Bahala kayo!*

Binato ko kay Keifer ang sukli nya. Bahala sya mamulot.

Pabagsak akong naupo sa upuan ko at halos humilata na. Makakain pa kaya ako nito? Sobrang pagod na ng katawan ko. Wala man lang tumulong sakin!

Umayos ako ng upo para tignan ang ginagawa nila. Lahat sila kaharap na yung mga order nila pero... Bakit hindi pa rin sila nagsisikain?

Niligin ko yung paningin ko at lahat sila ganun, except kay Yuri. Walang pagkain sa harap nya. *Hala! Nakalimutan ko ata!*

Pero kung nakalimutan ko, magco-complain naman siguro sya. Diba?

Bigla lumipat si Felix ng upuan malapit sakin. Ganun din ginawa ng iba sa kanila.

**"Sabay sabay tayong kakain."** Sabi ni Felix habang nakangiti.

Hinihintay ba nila ko kaya hindi pa sila nagsisikain? *Wew! Touch ang tropa nyo!*

Nilabas ko na yung baon ko at inikot ang upuan para makaharap ako kila Felix at iba pa.

**"KAIN NA!"** sabay sabay na sigaw nila.

Medyo natawa pa ko ang cute kasi nila tignan. Nagsimula na kaming kumain at para sila'ng mga bata'ng tuwa'ng tuwa sa kinakain. *Ppfffttt.. Mga isip bata!*

Wala pa ring pagkain si Yuri. Panu na kaya sya? Hindi naman sya binibigyan ng mga katabi nya. Bahagya akong nakaramdam ng awa sa kanya. Nagkasalubong kami ng tingin at halatang nairita sya. *Sungit!*

Bigla syang tumayo at lumakad palapit samin... Ay hindi pala! Palabas pala sya at sa side lang namin sya dumaan.

Sinubukan ko syang pigilan. Hinawakan ko yung pupulsuhan nya.

**"Uy.. Kain oh!"** Alok ko sa kanya.

Hindi sya nagsasalita. Nakatingin lang sya sa kamay kong nakahawak sa kanya. Ramdam kong naiinis sya sa ginawa ko kaya binitiwan ko agad.

**"Kain kana... Share nalang tayo."** Sabi ko.

Wala namang masama dun diba? Nagsalo din naman kami ni Keifer sa pagkain dati.

Hindi pa rin nagsasalita ang Yuri at nakatingin pa rin sakin. Mukang ayaw nya ng ulam ko. Kumuha ako ng chocolate sa bag.

**"Eto nalang kung ayaw mo ng kanin."** Alok ko sa kanya.

**"Kunin mo na Yuri... Kesa naman hindi ka kumain."** Sabi ni Felix habang ngumunguya. *Haist! Bata talaga!*

Hindi pa rin nagsasalita ang Yuri pero unti-unti nyang kinuha yung chocolate sa kamay ko. Wala'ng kahit na anong reaksyon at tumingin sya sakin. Nginitian ko naman at pinagpatuloy na ang pagkain. Umalis din sya agad kahit binigyan ko na sya ng maka-kain. Ayaw ata nya ng may kasalo?

Natapos ang pagkain namin ng pananghalian. Kanya kanya ng linis ng pinagkainan ang mga luko. Akala ko itatapon nila sa maayos basurahan ang mga kalat pero binato lang nila sa labas sa tapat ng room namin.

*Hala! Kalat kalat na nga dun pa tinapon.*

Dahil meron ng tumpok ng mga lumang gamit sa labas nag-mukang basurahan ang harap ng room namin. Ayos tong mga to!

**"Dyan talaga tapunan?"** Tanung ko sa kanila.

**"Hindi.. Dun pa, kayalang malayo kaya dyan nalang."** Sagot ng isa sa kanila at umalis.

Aba matinde! Gusgusin na nga yung building nila ginawa pang basurahan yung harapan.

Tahimik akong naupo sa upuan ko. Napatingin ako sa kanang side ko. Talagang hindi na pumasok si Ci-N. Hindi ko maiwasang hindi mag-alala.

**"Felix!"** Tawag ko.

**"Hmm?"** Sagot nya. May laman na naman kasi yung bibig nya. *Takaw!*

**"May cellphone number ka ni Ci-N?"**

Kinuha nya yung cellphone sa bulsa nya. **"Meron. Bakit?"**

Kinuha ko yung cellphone ko. **"Kuhanin ko."** sabi ko habang lumalapit sa kanya.

Hinarap nya sakin screen ng cellphone nya at.. *Wow!* Latest model ng Samsung ang Cellphone nya. Nanliit yung cellphone ko'ng may keypad pa rin.

Kinopya ko nalang yung number ni Ci-N. Baka kasi inupakan na pala sya ng mga nakita kong lalaki na sumunod sa kanya. Dapat yata sinundan ko din sila para naka-sigurado ako.

Babalik na sana ko sa upuan pero pinigilan ako ni Felix.

**"Oh?"** Tanung ko.

**"Yung cellphone number mo?"** Tanung nya habang nilalahad ang phone sakin.

*Nahiya talaga ako sa phone nya.*

Nilagay ko nalang yung number ko sa phone nya. Bumalik na ko sa upuan at tinext ko na yung number ni Ci-N. Sana lang mag-reply.

**To:** *Ci-N*
**Message:** *Jay-jay 2.. bkt hnd ka pumsok?*

Hinintay ko magreply yung tinext kong number pero wala. Baka nagpapahinga na. Tinabi ko nalang yung phone ko dumating na kasi yung teacher namin kasunod si Yuri.

Anu ba yan? Hindi mawala sa isip ko si Ci-N. Baka kung anu na nangyari dun eh. Pati sa mga sumunod naming subject sya pa rin nasa isip ko.

Wala akong gusto sa kanya ah! Nag-aalala lang ako. Ang bata nya pa kasi tapos baka napa-away sya nung hinatid nya ko. Asar naman!

Nasa huling subject na kami kay Ms. Smith at si Ci-N pa rin ang iniisip ko.

**"Ms. Mariano?"** Tawag sakin ni Ma'am.

**"Po?"**

**"Anung middle name mo?"** Tanung nya habang nakaharap sa class record nya.

**"Fernandez po."**

Biglang tumahimik ang buong klase. Para bang may nasabi ako'ng masama'ng salita. Bigla rin sila nagtinginan at tumingin sa likod. Kusa nalang akong nangilabot kahit wala namang malamig na hangin.

*Anung meron?*

Pati si Ma'am tumigil din sa ginagawa at tinignan ako.

**"Ka'ano-ano mo si Michael Aries Fernandez?"**

**"P-pinsan ko po.**

Biglang bumigat yung awra sa room. Para bang may delubyo. Bakit?

*OceanofPDF.com*

# Chapter 11

**Past**

***Jay-jay's POV***

Natapos ang klase namin kay Ms. Smith pero hindi pa rin nawala ang mabigat na awra sa room.

Nag-aayos na ko ng gamit ng mapansin kong parang hindi ako tinitignan ng mga classmate ko. Dumadaan lang sila sa harap ko at ang malala pa lahat sila seryoso'ng seryoso yung muka.

*Weird.*

Anung meron ba kasi? Lumabas na ko ng room at naglakad kasabay ng iba pero... bakit parang nilalayuan nila ko?

Inamoy ko yung sarili ko, hindi naman ako amoy putok. Bakit kaya? Nakita ko si Felix at naalala ko yung chocolate sa bag ko. Madami pa naman to at wala din si Ci-N. Sa kanya ko nalang siguro ibibigay.

**"Felix!"** Tawag ko habang tumatakbo palapit sa kanya.

Hindi sya lumilingon at tuloy-tuloy pa rin sa paglalakad.

**"Felix!"**

Halos maubusan ako ng hininga sa paghabol lang sa kanya. Agad ko syang hinawakan sa braso ng maabutan ko sya.

Nagulat ako ng bigla nya'ng tabigin ang kamay ko. *Bakit?*

**"Uy.. Gusto mo pa ba ng chocolate? Sayang kasi mga dala ko----"**

**"Sorry Jay, kailangan ko na kasing umalis."** Seryoso nya'ng sagot at mabilis na naglakad palayo sakin.

Anu ba nangyayari? Tungkol ba to sa middle name ko o sa pagiging pinsan ni Aries? Anung na naman kasi?

Napansin ko si Keifer sa kalayuan. Nakatingin---hindi! Nakatitig sya at nakamamatay. Problema nito?

Nagtuloy na rin ako sa paglalakad pauwi. Mukang nauna na si Aries hindi ko na kasi nakita kotse nya sa parking. Mas okay naman yun. Sya naman ang malilintikan kay Kuya dahil sa hindi pagsabay sakin.

Pagdating sa bahay, tama ako! Nauna na nga si Aries. Andito na sya sa bahay. Nakaupo sa sofa habang nakapatong ang paa sa center table at nanunuod sa TV.

**"Aries."** Pagkuha ko sa atensyon nya.

Tinignan naman nya ko pero binalik din agad sa TV ang tingin nya.

**"Bakit?"** Bored nyang sagot.

**"May ginawa kaba sa Section E?"**

Biglang nag-iba itsura nya. Para bang seryoso pero andun pa rin yung galit. Binaba nya yung remote at hinarap ako.

**"Bakit mo tinatanung?"**

*Bakit nga ba? Kasi hindi na nila ko kinakausap at parang iwas sila sakin ng malaman na pinsan kita... Yun lang naman.*

Syempre hindi ko sinabi yun. Hindi pa naman ako sure eh.

**"Wala naman... Natanung ko lang."**

Tumaas ang isang kilay ni Aries.

*Napaka-talino ng sagot mo Jay-jay.*

**"Hindi ako tanga Jay."**

**"K-kasi, parang nag-react sila nung nalaman nilang Fernandez ang middle name ko."**

*Tanggapin mo ang explanation ko! Please! Please!*

Nagbuntong hininga sya. **"Baka hindi ako yun.. baka si Kuya."**

*Wew. Talaga lang ah!*

**"Sige. Akyat na ko."** Sabi ko at mabilis na umakyat papunta sa kwarto ko.

Kaka-intriga naman tong si Aries. Anu na namang kinalaman ni Kuya Angelo dun? Anu ba yan? Dagdag isipin pa tong si Aries sakin. Hindi pa nga natatapos mga intriga sa room namin eh. Sasali pa sya!

Speaking of isipin. Si Ci-N?! Hindi pa rin sya sumasagot sa text ko. Nag-aalala kasi talaga ko sa bata na yun.

Naisipan kong tawagan na sya. Worth it naman sa load. Para lang matahimik ang bulate sa utak ko.

Medyo matagal ang ring bago sagutin.

**["*Hello?*"]** Sabi nung sumagot.

**"H-hello? Si Ci-N po ba to?"** Tanung ko.

**["*Oo.. Sino to?*"]**

**"Hoy! Mokong ka! Bakit hindi ka pumasok?!"**

**["*Jay-jay?*"]**

**"Oo! Ako to! Anu na?! Bakit hindi ka pumasok?!"**

**["*Pwede naman kamo'ng hindi sumigaw. Masama pakiramdam ko. Bakit? Miss mo na ko?*"]** May halong pang-aasar sa boses nya.

*Luko to ah!*

**"Gago! Hindi no!"**

**["*Ay... Nalungkot naman ako dun. Baka next week pa ko makapasok.*"]**

**"Ha?! Anu ba nangyari sayo?"**

Kung masama lang pakiramdam nya bakit next pa sya papasok? Anu yun? Dinaig pa dengue?

**["*Wala... Masama lang talaga pakiramdam ko*"]**

**"Anu ba definition mo ng masama pakiramdam? Bakit next week pa? Anu sakit mo?"**

**["*Masakit ingrone ko. Hehehehe.*"]**

Aba! Best answer from Ci-N Peralta.

**"Ang sarap mo kausap no?"**

Dinig ko ang malakas na tawa nya sa kabilang linya. Hayop! Boys are boys.

**"Bwisit ka! Ci-N! Bwisit!"** I shout and ended the call.

Abnormal din tong bata na to. Tatanungin ko nalang sya pag-pasok nya. Sobrang napapagod ako dito sa Section na to. Muka namang walang masamang nangyari sa kanya. Akala ko naman kasi binanatan na sya ng mga sumusunod sa kanya kahapon.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"What now?"** Yuri ask.

**"What do you mean 'what now'?"** I ask back.

**"About that Jay-jay. Pinsan pala sya nya yung gago'ng Aries na yun."** Yuri said while clenching his fist.

As far as i remember ako dapat ang magalit dahil ako ang inagawan. Seeing Yuri's reaction now, makes me think na may feelings pa sya kay Ella.

**"She need to leave from our section as soon as possible. We don't know her agenda."**

**"Keifer!"** Edrix shout while running and waiving few papers from his hand. Edrix is one of our classmate, our computer expert.

**"What did you find out?"** I ask.

He catches his breath first. Inabot nya samin ang mga papel na hawak nya.

It's Jay-jay's school records.

**"The first one is from our school principal records and the second one was from her previous school."** Edrix explain. **"...walang masyadong info sa records nya ngayon----syempre kakasimula pa lang nya. But if you check his previous school records. Damn!"**

I did what he said. I checked the second one and for Pete sake, dinaig pa nya record ko.

**"First offense... Stabbing classmate using a pen."** I read. *Seriously?* **"Second offense... Punching two of her boy classmates. Third offense... Punching a girl classmate which cause of bleeding. Fourth offense..."**

Almost of her offenses are fighting with classmate. She also have gambling issue and cutting classes. I skip few offenses until i reach the last one which make me read it twice before reading out loud.

**"42nd offense... Kicking and punching a boy that almost lead to... death."** I almost whisper the last word.

Edrix and Yuri look at me.

**"She did that?"** Yuri ask.

**"Have you notice anything?"** Edrix suddenly ask. We just look at him. **"...There's no punishment included. Tumawag na rin ako sa school na yan pero ayaw nilang ibigay ang buong information ni Jay-jay."**

**"Guys!"** Rory shown up. Also one of our classmate, information seeker. **"... I've found out that Jay-jay's mother is the half sister of Aries's mother."**

**"What else?"** I ask.

**"Broken family sila, hindi makita ang ama at ang nanay nya iba-iba ang nagiging asawa. She grew up with her grandma but last month kinuha na sya ng Mother ni Aries."** Rory added.

**"Which means kelan lang sila nagkasama ni Aries. Hindi pa tayo sure kung pinababantayan nga tayo ni Aries sa kanya."** Yuri said.

**"Aries has no reason to do that..."**

**"We are still a threat to him... You are still a threat to him."** Yuri said pointing his finger to me.

Well he have a point. Ilang beses ko sya'ng binanatan sa loob at labas ng school hindi ko sya masisisi kung matatakot sya sakin.

**"Keifer..."** Rory started while reading something on his phone. **"...I think Jay don't have a good relationship with Aries."**

**"What do you mean?"** I ask and he handed his phone to me.

This information that Rory gave to me makes me confuse about Aries. I know i can use this information against him but i need to know more to make a plan.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Nagising ako bigla. Hindi ko alam pero paki-ramdam ko nauuhaw ako. Bumangon at naglakad papunta sa kusina. Kumuha ako ng bottled water at dinala pabalik sa kwarto ko.

Baka kasi magising ako ulit at mauhaw kaya dinala ko na. Malapit na ko sa kwarto ko ng mapansin kong bukas ang ilaw sa kwarto ni Aries at parang may kausap sya.

Hindi sa gusto kong makinig o anu pero may narinig kasi akong pamilyar na pangalan.

**"Kausapin mo na sya... Tatay mo pa rin sya."** Sabi nung kausap na mukang si Tita Gema.

**"No! He's not my Dad your husband is my Dad. Hindi ko sya kakausapin. Last time na nagkita kami anu'ng ginawa nya? Dinamay pa nya si Jay-jay reason for us to----"** Huminto sya sa pagsasalita.

I know what he meant to say. Yung insidenteng nangyari 4 years ago. Ang totoo, hindi ko talag maintindihan ang pangyayaring yon. Wala akong masyadong maalala sa mga nangyari non. At kung titignang mabuti marami akong hindi maalala'ng pangyayari sa buhay ko.

Bumalik na ko sa kwarto ko at nahiga. Nakatitig lang ako sa kisame. Iniisip ko yung nangyaring insidente sa pagitan namin ni Aries at ng Tatay nya.

Birthday ni Aries non at naghahanda na kami para mag-celebrate pero dinukot sya ng totoong Tatay nya. Ako lang ang kasama nya that time kaya pati ako'ng tanging witness dinamay nila.

Ilang gabi kaming sumisigaw nanghihingi ng tulong at nagbabakasakali na may makarinig samin. Wala naman syang ginagawa samin, pinapakain lang nya kami tuwing gabi tapos aalis na at hahayaan ulit kaming nakakulong.

Hangang isang gabi nagising nalang ako na may sumisigaw, nakita ko si Aries na nagpupumiglas mula sa Tatay nya at humihingi ng tulong.

Sinubukan ko syang tulungan pero masyado'ng malaki ang Tatay nya. Tinulak lang nya ko na parang laruan. Ilang beses kong sinubukan lumapit hangang sa huling pagtulak nya sakin tumama ang ulo ko. Puro dugo ako non, nataranta ako sa nagdilim nalang ang lahat.

Nagising nalang ako sa ospital tapos hindi na ko kina-usap ni Aries. Kahit sila Tita Gema hindi din alam ang dahilan. May mga sugat ako sa ilang bahagi ng katawan na hindi ko naman maalala na nasugatan.

Pero ang pangyayaring yon ang bumago sa pagitan namin ni Aries. Alam kong may naganap na hindi ko alam. Dahil ilang buwan lang ang nakakalipas ng maulit yon.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 12

**Seenzoned**

***Jay-jay's POV***

Yung feeling ng hindi ka nag-eexist? Alam ko na ngayon. Feel na feel ko pa nga eh. Hanep kasi yan. Hindi pa rin ako pinapansin ng mga ulupong. Ilang araw na to. Malapit na mag-one week.

Seenzoned ako sa mga hinayupak na to. Hindi pa rin pumapasok ang Ci-N. Sinungaling yun! Kapag naman tinatawagan hindi sumasagot.

**"Class.. Tomorrow sa gymnasium tayo. Don't forget your P.E. uniform."** Sabi ng P.E. Teacher naming kapangalan ng dating artista.

**"Yes Ma'am."** Bored na sagot ng mga hayop kong classmate.

Natapos kami kay Miss Asunta at sumunod kay Miss Smith.

**"Mag-linis nga kayo ng kwarto nyo!"** Bungad nya samin.

*Agree!* Muka na kasing basurahan ang room namin. Muka namang mga basurero mga tao dito.

**"Linisin nyo nalang ang kwarto nyo at bukas nalang ako mag-klase."** Dagdag pa ni Ma'am dahilan para ganahan ang mga luko.

"*Nice.. Makaka-uwi tayo maaga.*"

"*Yes!*"

"*Simulan na natin.*"

Dyan sila magaling! Active na active pag-walang klase.

Lumabas na si Ma'am at nagtayuan na sila. Akmang tatayo na rin ako ng iabot sakin ni Keifer ang walis st dustpan.

**"Dating gawi... Clean the room."** sabi nya.

Papalag palang sana ko pero napansin kong wala na ang mga classmate namin. Nakalabas na at si Keifer nalang at ako ang nasa loob.

**"Bakit ako na naman?"**

**"Because you're annoying. Do what i said or hindi kana makaka-uwi."** Sabi nya at naglakad na paalis.

Paglabas nya ng room sinara na naman nya yung pinto. Anu yan? De javu?

*Nangyari na to ah.*

Kesa makulong ako dito, wala akong pagpipilian kundi linisin nalang. Makalat na naman yung sahig. Mga pinagkainan, papel at lupa-lupa. Makapal na rin ang agiw sa kisame pati alikabok sa paligid.

Inumpisahan kong alisin ang agiw sa kisame. Halos mabulag ako dahil sa pagka-puwing. Pagkatapos ay kumuha ako ng basahan sa sina-unang cabinet nila. Dahil may maliit na lababo naman sila naisip kong dun nalang kumuha ng tubig.

Tinanggal ko yung takip na plywood at binuksan ang gripo. May tubig pa, kayalang puro lumot. Hinayaan ko muna'ng nakabukas bago basain ang basaha'ng hawak ko.

Habang naghihintay, inalis ko na rin yung mga plywood, yero at karto'ng nakatakip sa mga gamit sa likod. Tinabi ko muna sa sulok.

Nung okay na yung tubig binasa ko na yung basahan at pinunasan ko na lahat ng dapat punasan. Pagdating sa bintana nakita ko pa sila'ng lahat sa labas na para'ng nagme-meeting.

"*Anu balak Keifer?*"

"*Same... Paaalisin lang natin sya dito.*"

"*What if she don't want to?*"

"*Edi mas lalo syang pahirapan.*"

"*Takutin nalang natin sya...*"

"*We will do that but not now.*"

Dinig kong pinag-uusap nila. Why do i have this feeling na ako yung pinag-uusapan nila? Balak nila kong paalisin?

*Ahhhhhh... Now i know! Kaya pala nila ginagawa sakin to. Pinapahirapan nila ko para mapilitan akong umalis. HAHA! Sorry guys mali kayo ng taong binangga. Kala nyo kaya nyo ko? No! No!*

Magpatibayan tayo ng sikmura! Hindi ako aalis dito. *Manigas muna kayo!*

Mabilis kong tinapos ang paglilinis. Nilagay ko lahat ng basura sa garbage bag at kinatok ko agad ang pinto.

Si Keifer muna ang pumasok at lahat sila nasa pintuan. Agad na tinignan ni Keifer ang kisame at natigilan sya ng makita yung mga gamit sa likod.

**"What the..."** Halos pabulong nyang sabi.

**"Tinanggal ko na yung mga nakatabing... Sagabal kasi at ang daming alikabok. Pagmulan din ng lam----"**

**"Marumi pa din."** Sabi nya ng may awtoridad.

**"Huh?! Malinis na kaya... Pintura nalang kulang para sa pader at----"**

**"That's not what i mean."** pumitik sya gamit ang dalawang daliri at inabot ni Felix sa kanya ang garbage bag.

Tinignan ko si Felix pero hindi sya makatingin sakin.

Nagulat ako ng bigla nalang isabog ni Keifer ang laman ng garbage bag. Umalingasaw ang mabahong amoy at lumipad sa ere ang mga basura.

*What the fvck?!*

**"See? Marumi pa din."** Sabi nya at ngumiti ng puno ng angas.

Magkanu ba pakabit ng laser sa mata? Papakabit lang ako para matunaw na tong Keifer na to sa harapan ko. Animal sa lahat ng animal! Hayop pa sa hayop!

**"Sira-ulo ka ba?!"**

**"Maybe..."** Tinalukuran nya ko. **"...Clean this mess!"**

*Gago!*

**"Hoy! Keifer!"** sigaw ko.

Huminto naman sya. Kinuha ko basura'ng inipon ko sa garbage bag at lumakad palapit sa kanya.

**"Tama ka..."**

Hinarap nya ko at pinagtaasan ng kilay.

**"Marumi pa nga!"** Madiin kong sabi bago binuhos sa kanya ang laman ng garbage bag na hawak ko.

Kasama ng papel, pinagbalatan ng kinain nila, mga lupa at alikabok na ngayon ay nasa ulo at balikat na ni Keifer. Tinignan nya ko ng masama kasabay nun ang bulungan ng mga Ulupong sa pinto.

"*Shit!*"

"*Lagot na!*"

"*Patay sya ngayon.*"

"*Tawagin nyo si Yuri!*"

Kung nakakapatay lang ang tingin... Putcha! Pang-40 days ko na ngayon.

**"You! Stupid! Woman!"** Sigaw nya.

Medyo napaatras pa ko sa pagkaka-sigaw nya pero nanindig ako. Taas noo kung taas noo.

**"Ano akala mo sakin?! Katulong nyo?!"**

**"You----"**

**"Keifer!"** Sigaw ng kung sino.

Pareho pa kaming napatingin sa pintuan. Si Yuri habang salubong ang kilay at puno ng pagtataka'ng nakatingin samin.

**"What the hell?! Bakit naliligo ka ng alikabok Keifer?!"** Tanong nya.

Nagsalubong ang kilay nya ng makita'ng puro kalat sa paligid at sahig.

**"Kindly explain..."** Mahinahong sabi nya.

Tinignan ko si Keifer at ganun din sya sakin.

**"SYA NAUNA!"** Sabay na sigaw namin habang naka-turo sa isa't-isa.

**"ANONG AKO?!"** Sabay ulit na sigaw namin.

Gagong to! Ginagaya pa ko!

**"Stop copying me!"** Sigaw nya sakin.

**"Hoy! Ikaw kaya nang-gagaya!"**

**"Ikaw ka----"**

**"STOP!"** Sigaw ni Yuri na halos lumuwa na ang lalamunan. **"..BOTH OF YOU STOP!"** Tinignan nya kami pareho ng masam. **"..Hindi na kayo nahiya. Your acting like a child. Clean this mess right now or both of you will stay here forever."**

*Wala kayang forever.*

Tinignan ako ng masama ni Yuri. *Shete!* Nasabi ko ata yung nasa isip ko! Umiwas ako ng tingin.

**"I'm not going to clean this mess."** Pagmamatigas ni Keifer. **"..I'm the class preside----"**

**"David is coming back."** Putol ni Yuri sa sasabihin ni Keifer.

*David?*

**"What?!"** Tanong nya na puno ng pagtataka pero parang pagalit.

Sino na naman yung David? Yun ba yung sinasabi nilang pinabagsak ni Kiko me'loves. *Landi! Me'loves agad?*

**"He called me this morning. Babalik na daw sya."** Sabi ni Yuri. **"..Well talk about it later. Sa ngayon, maglinis na kayo."** Dagdag nya at lumakad na paalis.

Paglabas nya, sinara na naman yung pinto. Dalawa na kami ni Keifer sa loob. Kinuha ko yung walis at binato sa kanya.

**"Walisin mo na yang kinalat mo!"** Utos ko.

Ang magaling na Keifer inismidan lang ako at naupo sa isang sulok. Abay mahusay!

*Kung ayaw nya mag-linis, manigas sya dyan.*

Naupo lang din ako sa isa sa mga bangko. Tamihik lang kami'ng dalawa at tanging kwentuhan lang ng mga ulupong sa labas ang naririnig ko.

Paminsan-minsan tinitignan ko din si Keifer pero nakatanga lang sa kawalan ang luko. Muka rin sya'ng inaantok dahil sa malalim na yung mata nya at may pagkakataong humihikab sya.

Malapit ng dumilim at mukang napapagod na rin sa paghihintay ang mga classmate namin sa labas. Gusto ko na ring umuwi at nagugutom na ko.

Kumuha ako ng isa pang walis at lumapit kay Keifer. Inabot ko sa kanya pero tinignan lang nya ko.

**"Tara na... Mag-linis na tayo. Gusto ko ng umuwi."** Sabi ko.

Nakatanga pa rin ang luko sakin. Putcha naman! Uwi'ng uwi na ko!

Kinuha ko yung kamay nya at pilit pinahawak ang walis. Hinawakan naman nya kaya umalis na ko sa tabi nya. Kinuha ko yung isa pang walis at nag-umpisa ng maglinis.

Nakaka-dalawang walis palang ako pero ang Keifer naka-tanga pa rin.

**"Tsk! Anu ba?! Maki-sama ka naman! Gusto ko ng umuwi."**

Mukang nakaramdam naman sya sa sinabi ko. Tumayo na sya at nagwalis, yun nga lang sa iisang lugar lang. Naku naman!

**"Keifer naman!"** Reklamo ko habang pumapadyak. **"..Gusto ko na talagang umuwi."**

**"Tss. Fine."** Sagot nya sakin at nagsimula syang mag-walis ng maayos.

Nakakabingi ang katahimikan. Dumidilim na rin sa labas.

**"Keifer..."** Panimula ko pero hindi sya sumasagot. **".. Sino yung David?"**

Hindi sya sumasagot. Mukang wala syang balak makipag-kwentuhan. Sungit!

**"Original Class President ng Section E."** Bored nyang sagot.

Wow! Nakiki-sama naman pala itong kumag na to. Mukang naiinip na rin sa ginagawa namin.

**"Sya ba yung sinasabi nyo nung nakaraan na pinabagsak ni Kiko?"**

Sandali syang huminto na parang nag-isip bago bumalik sa ginagawa at nagsalita.

**"Oo.."**

Haba ng sagot... Dama ko yun mga 0.01 milisec.

**"Bakit wala sya dito kung sya yung class president?"** Tanung ko.

Huminto ulit sya at hinarap ako. **"Dami mong tanung... Tapos na ko."** Sabi nya sabay abot ng garbage bag.

Aba! Tapos na nga sya. Mabilis kong tinapos yung ginagawa ko. Ng mapansin nyang okay ang lahat dun palang sya nangalampag sa pinto.

Medyo matagal bago bumukas. Baka nakatulog na sila. Pagbukas ng pinto si Yuri ang expected kong papasok para i-check yung pinto pero iba yung tuloy-tuloy na pumasok.

Si Aries at matalim ang tingin nya samin ni Keifer.

**"Anung ginagawa mo dito?!"** Mahinahon pero ma-otoridad na tanung ni Keifer.

Hindi sya sumagot. Lumapit lang sya sakin at hinatak ako sa braso.

**"Kanina pa ko naghihintay sayo!"** Sabi nya sakin.

**"T-teka!"** Pag-pupumiglas ko. **"..yung bag ko!"**

Binitiwan nya ko at hinayaang kunin ang bag ko. Pagka-kuha napansin kong ang dami ng tao sa labas. Naglakad na si Aries kaya sumunod na ko.

Paglabas dun ko lang na-realize na pati pala mga classmate ni Aries kasama nya.

At ang lalim ng palitan nila ng tingin.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 13

**Fight**

***Jay-jay's POV***

May sapi talaga tong si Aries. Hindi sinabi sakin na nasa bahay pala si Kuya Angelo. Kaya pala sinundo nya ko sa room. Buti nalang hindi na nagtanung si Kuya.

Papasok na ko sa school at sinabay ulit ako ni Aries sa kotse nya. As usual hindi na naman sya nag-sasalita.

Nakatingin ako sa bintana ng makita ko si Ci-N na naglalakad. Nakapamulsa pa sya at naka-headset.

**"IHINTO M----ARAY!"** Hindi ko pa nabubuo yung sasabihin ko pero tinapakan na nya yung preno.

Hindi pa naman ako naka-seatbelt kaya nasubsob ako.

**"What the fvck?! Kailangan talaga sumisigaw?!"** Galit na sita nya sakin.

Buti nalang walang sasakyan na nakasunod samin.

**"Dito nalang ako."** Sabi ko at bumaba ng kotse.

Hindi ko na hinintay sasabihin nya. Agad akong tumakbo palapit kay Ci-N.

**"Hoy Ci-N!"** Sabi ko sabay hampas sa braso nya.

Tinignan nya ko ng masama pero agad din syang ngumiti ng makilala ako.

Tinanggal nya yung headset nya. **"Good Morning!"** Bati nya habang naka-ngiti.

*Ngiti na naman?!*

Handa na sana kong sigawan at sermunan sya kung bakit hindi sya pumasok pero agad na napunta yung attention ko sa muka nya.

**"Hala.. Ci! Bakit puro sugat ang muka mo?"** Tanung ko sa kanya.

Sugat ang labi nya na medyo namamaga pa. May maliit na pasa sa gilid ng labi sa right side at sa gilid ng kaliwang mata. May gasgas din sa kaliwang pisngi.

**"Anu... Hehe.. tumambling sa bike."** Sagot nya sakin habang naghihimas ng batok.

*Tumambling?!* Seryoso ba sya? Halata nama'ng napa-away sya.

**"Talaga lang ah.."** yun nalang ang sinagot ko at nagpatuloy sa paglalakad. Ganun din ang ginawa nya.

**"Kamusta pala sa room?"** Tanung nya sakin.

*Ayos lang... Mas lalo lang sila'ng na'aning.*

**"Ganun pa din... Except sa one week na nila kong hindi pinapansin."**

**"Huh?!"**

**"I-explain ko para sayo..."** Sabi ko at umubo para ihanda ang boses ko. **"...Fernandez ang middle name ko."** Yun lang ang sinabi ko at hinintay kung makaka-kuha sya ng hint.

Kayalang slow din pala sya.

*Explain mo kaya ng maayos Jay.*

**"Tapos?"**

Ay mukang hindi sya aware na Fernandez din si Aries. *Anu ba yan?*

**"Pinsan ko si Aries!"** Mabilis na sagot ko sa kanya.

**"Ahh----"** bigla syang huminto at nag-isip.

Parang alam ko na yung mangyayari.

**"Anu? Iiwas ka na rin? Hindi mo na rin ako papansinin?"**

Bigla syang ngumiti. **"Syempre hindi ko gagawin yun. Kuwari hindi ako aware sa issue na yan."**

Nakakahawa yung ngiti ni Ci-N. Napangiti na rin ako ng di-oras.

Nagpatuloy kami sa paglalakad hangang sa makarating kami sa school.

Nakita ko pa si Aries na nakasandal sa kotse nya. Naka-cross arm sya at masama ang tingin sakin. Umiwas ako ng tingin. Hindi ko naman sya masisisi agad akong bumaba sa kotse kanina.

Malapit na kami sa building namin ng biglang huminto si Ci-N. Nakatingin sya sa isang lalaki na nakaupo sa sanga ng puno.

**"Sino yun?"** Tanung ko.

**"Si Calix.. classmate natin yan, anu kaba?"** Sagot nya sakin.

Hindi ko naman kaya kita yung muka nung lalaki at hindi ko din alam ang pangalan nya. Baka nakatalikod samin. Pero pinag-masdan ko pa rin.

*Ay oo nga... Classmate nga namin.*

**"Walang kadala-dala... Parang hindi sya napilayan nung nakaraan dahil sa pagtambay nya dyan."** Dagdag ni Ci-N.

**"Bakit? Anu nangyari?"** Tanung ko.

Pasensya naman... Naintriga ang lola nyo.

**"Nagmadali daw sa pagbaba... Ayun dire-diretso'ng bumagsak tapos tumama yung paa sa malaking ugat ng puno."**

**"Ahh.. eh umaano ba kasi sya dyan?"**

**"Ewan ba... Tara na."** Aya ni Ci-N.

Naglakad na kami ulit. Parang pamilyar sakin tong Calix na to. Hindi nga lang ako sigurado.

Hindi pa ko nakakalayo ng may marinig akong pangalan. Dahilan para masagot ang nasa isip ko kung bakit parang pamilyar tong Calix.

"*Mica! Hintay sandali!*"

Yung sulat! Yung love letter na nakuha ko sa second floor ng building namin. Sila kaya yun? Anu kaya----*Stop!*

*Ang dami mo ng isipin sa Section E. Wag mo ng idamay pati love life nila!*

Ay tama ang bulate ko sa utak! Hindi na dapat ako maki-alam sa kanila. Buhay nila yan... Mind your own business, kung may business ka.

**"Huy Jay-jay!"** Tawag sakin ni Ci-N dahilan para bumalik ako sa reyalidad.

**"B-bakit?"** Tanung ko.

**"Tulaley ka kasi.. anyare sayo?"** Tanung nya sakin.

**"W-wala... May naalala lang ako."**

Nagkibit balikat lang si Ci-N. Malapit na kami sa mismong room ng makita naming nagkakagulo ang mga classmate namin sa tapat ng room.

Mukang may nag-aaway. Lumapit pa kami ni Ci-N para makita ng maayos. Si Keifer at isa pang lalaki. Nakahawak si Keifer sa kwelyo nung lalaki. Kita ko yung pang-gagalaiti nya pero yung kaaway nya hindi ko makita ng maayos.

**"Uy pre... Anung nangyayari?"** Tanung ni Ci-N sa isa sa mga classmate namin.

**"Si David bumalik na... Gusto nya sya pa rin ang class president pero syempre hindi papayag si Keifer."** Sagot nung classmate naming mukang excited sa away.

May away na excited pa. Nice!

Hinatak ko yung dulo ng manggas ni Ci-N. **"Sya ba yung David?"** Tanung ko.

**"Oo.."** maikling sagot ni Ci-N.

Hindi ko makita na maayos yung muka nya dahil sa mga talipandas na classmate namin.

"*Kay Keifer ako..*"

"*Solid David to!*"

"*500 Keifer yan.*"

"*1000 ako!*"

Aba! Sa halip na awatin nagpustahan pa. Galing naman!

Hinatak ko ulit yung dulo ng manggas ni Ci-N at sumenyas na papasok na sa room. Wala akong balak maki-gulo.

*Tama yan! Umiwas ka!*

Naupo na ko sa upuan ko. Dahil lahat sila nasa labas, solo ko ang kwarto. Napansin kong binalik nila yung mga harang na karton, yero at plywood sa likod. Tinakpan na naman nila yung mga gamit sa likod.

*Tss. Arte!*

Naramdaman kong may pumasok na sa loob kaya binalik ko na yung tingin ko sa harap.

Pfftt! Si Yuri lang pala. Dumiretso lang sya sa upuan nya sa likod. May ilang minuto din siguro kaming naka-upo ng sa hindi ko malamang dahilan napunta yung nagsusuntukan sa loob ng room.

Pati mga classmate naming abnormal napunta din sa loob. Suntok dito, suntok doon ang nagyayari. Paulit-ulit babagsak at tatayo. Hangang sa pagtumba ni Keifer sakin sya bumagsak kaya dire-diretso din ako sa sahig.

**"Aarrgghhh... Aray!"**

Tumayo si Keifer at bumalik sa kasuntukan. Samantalang ako nahirapang tumayo may tumapak pa sa kamay ko. Bwisit!

**"Aray! Anu ba?!"** Sigaw ko.

Pinilit kong makatayo agad dahil feeling ko magkaka-istampid. Hinimas ko yung kamay kong natapakan ng kung sino.

Nakatumba na yung ibang lamesa at bangko. Ewan ba... Nakaramdam ako ng inis. Ang gulo-gulo nila, ang sakit sa ulo.

At mas lalo pa kong nainis ng makita ko yung bag ko na nagmukang basahan. *Kingina!*

**"TUMIGIL NA NGA KAYO!"** Sigaw ko pero walang pumansin sakin.

*Anu ba?! Nakakagigil na kayo!*

Parang may sariling isip ang kamay kong kumuha ng bangko at binato sa nag-aaway.

*Ay teka!*

Anu yung ginawa ko?! Tumigil ang-aaway at lahat sila sakin na nakatingin. *Tang'na! Lagot ka!*

Masama ang tingin sakin ni Keifer at nung David. *Putakte!* Pati mga classmate naming mukang nabitin sa away masama na rin ang tingin sakin.

Narinig kong may tumawa ng mahina. Mukang si Yuri yun dahil sa pagtaas baba ng balikat nya sama pa yung pilit nyang pagtakip sa bibig nya at pag-iwas ng tingin.

Napilit ako ng ngiti sabay Peace sign sa daliri.

**"Pvta! Bakit may babae dito?!"** Galit na sita nung David.

Bunganga naman nito. Matangkad sya kay Keifer pero medyo payat. Merong peklat sa panga at medyo maputi. Ordinaryo lang itsura nya.

**"Ikaw ba yung bumato ng bangko?!"** Galit na tanung ni Keifer.

Bubuka pa lang sana yung bibig para magsalita ng unahan ako ni Ci-N.

**"Oo sya yun..."** Sabi ni Ci-N habang nakangiti.

Naningkit ang mata ko sa kanya. Ang bait nitong bata nato! Sana kunin na ni Lord.

Agad na lumapit sakin si Keifer at kinwelyuhan ako. Nanlilisik ang mata nya sakin.

**"Ara---"**

**"Paki-alamera ka!"** Sigaw nya sakin.

Ang lapit lang ng bibig nya sa muka ko. *Amoy mint yung hininga nya.* Ay! Bakit ko ba pinapansin yun?

Sinubukan kong alisin yung kamay nya. Pero hinigpitan lang nya. Pati iba naming kaklase naki-alam na rin.

**"Uy Keifer babae yan---"**

**"Wala akong pake!"** Sigaw ni Keifer.

**"Anu ba?! Yung laway mo tumatalsik sa muka ko!"** Reklamo ko sa kanya.

**"Aba talaga'ng ginagalit----"**

**"Keifer! Ibaba mo na yan!"** Yuri

**"Babae pa rin yan uy!"** Felix

**"Bitiwan mo nga ako! Anu ba?!"** Ako

**"Ako kaya kalaban mo!"** David

**"Sakalin mo pa.. hahaha"** Ci-N

**"Bitiwan mo na... Balikan mo na si David."** Rest of the class.

Halos lahat sila nakiki-usap na bitiwan ako. Wala naman nagawa si Keifer dahil buong klase na yung nagsasabi.

Labag man sa loob nya pero binitiwan nya ko. Matalim ang tingin nya sakin at muling humarap kay David.

Naka-amba pa lang sana sya ng suntok ng biglang magsalita si Yuri.

**"Re-election nalang tayo sa Monday para matapos na to!"**

Nagbulungan ang buong klase at parang nag-isip ang Keifer sandali. Tinignan nya si David.

**"Payag ako..."** Sagot ni David kay Yuri.

**"Sige... Pagkatapos ng klase."** Dagdag ni Keifer.

May mag nanghinayang at may sumang-ayon meron din namang ako yung sinisi at baka meron din akong mapatay ng maaga. Babalatan ko nalang ng buhay para masaya.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 14

**Notice**

***Jay-jay's POV***

Lunch time. Hatak-hatak ko si Ci-N sa kwelyo nya. Kailangan ko lang makausap ang bata na to.

**"Bitawan mo na ko..."** Parang bata'ng pitong taon na nagmamaktol itong si Ci-N.

Binitiwan ko sya sa kwelyo pero agad kong pinaikot ang braso ko sa leeg nya.

**"Aray!"** Sigaw nya.

**"Gago ka kasi... Ipapahamak mo pa ko kanina."**

**"S-sorry na... A-aray."**

Binitiwan ko din sya agad pero malakas na kutos muna ang ibinigay ko. Luko kasi.

**"Masakit yun ah."** sambit nya habang hinihimas ang ulo nya.

**"Talaga?! Hindi ako aware."** Sarkastiko kong sagot.

Nag-pout naman sya agad na parang napahiya. Medyo naawa naman ako. Pasalamat sya cute sya.

**"Papabili kaba sa cafeteria?"** Tanung ko.

Nabuhayan sya sa sinabi ko at agad na ngumiti. *The usual smile.*

**"Sige.."** sagot nya habang nagna-nod.

Lumakad na kami papunta'ng cafeteria. Walang tigil sa paghu-humm si Ci-N habang nglalakad. *Tss! Bata talaga!*

**"Ci-N, ilang taon kana?"** Tanung ko.

**"Uhmm.. 14 na."** Sagot nya habang naka-ngiti.

Napahinto naman ako bigla. Eh dapat pala first year pa lang sya. Bata nga talaga sya, bata sakin ng tatlong taon.

**"Eh panu ka naging fourth year?"**

**"Anu... Panu nga ba... Nanguha lang ako ng exam nung grade 4 tapos nilagay na nila ko sa first year highschool."** Paliwanag nya.

Accelerated?

**"Eh panu ka napunta sa Section E?"**

**"Ahh hahahaha... Hinalikan ko yung classmate kong maganda."** Sagot nya habang nakangiti *na naman.*

Hokage pala ito eh!

**"Yun lang?!"**

**"Tapos sinuntok nya ko tapos nagkagulo na... Sakin nagsimula kaya ako yung napunta sa Section E. Haha."**

**"Yaaann... Ninja moves ka kasi."**

Napakamot nalang sya sa ulo pero nakangiti pa rin. Pati ako napangiti nalang din. Nakakahawa kasi minsan.

Tinuloy na namin ang paglalakad. Pagdating sa pinto ng cafeteria napahinto kami dahil sa notice na naka-dikit sa pinto.

**"*ALL Section E is Not Allowed inside!***

***P.S. Kasama ka dun babae!*"**

All Section E?! At kasama na ko dun!! Pvtcha! Kung kelan hindi ako nagbaon ngayon pa nangyari to.

**"Panu yan Jay? Pati ikaw hindi na pwede sa loob."** Sabi ni Ci-N.

Anu ba yan?! Baka naman nanakot lang yung mga tao sa loob. Baka hindi pa ko kasali sa rule na to. Hinawakan ko yung pinto para buksan pero pinigilan ako ni Ci-N.

**"Wag mo na tangkain. Baka kung anu gawin sayong parusa kapag lumabag ka dyan."**

**"Tsk! Malay mo naman hindi pa apply sakin ang rules na yan."**

**"Apply na yan... From the start na pumasok ka dito. Hindi ka lang nila binawalan kasi tranaferee ka at hindi mo pa alam issue ng Section E sa cafeteria."**

Naningkit ang mata ko sa sinabi nya. **"Panu mo nalaman yun?"**

Napahimas sya sa batok. **"Narinig ko sa Section A nung nakaraan."**

Confirm! Tsismoso talaga to.

*Hindi ka tsismosa Jay?*

Para kaming natalo sa laban ng umalis kami sa harap ng cafeteria. Napunta kami sa harap ng malaking building at naupo sa bench.

Huminga ako ng malalim at pinatong ang siko sa tuhod para pumangalumbaba.

**"Nagugutom na ko Jay.."**

**"Ako din Ci.. Next time talaga magbabaon na ko."**

**"Ay.. ako din pagbaon mo."**

Tinignan ko sya. **"Anu?! Swerte mo.. May taga-baon kapa."**

Nag-pout sya skin. **"Sige na... Wala naman kasi mag-aasikaso samin ng babaunin ko."**

**"Bakit? Nasan Parents mo?"**

Umiwas sya ng tingin. **"P-parehong nasa trabaho..."**

**"Wala ka bang kapatid?"**

**"Meron.. Pero busy sila eh."**

Parang ayaw nya pag-usapan yung Family nya. Hindi sya makatingin sakin ng maayos at halos humina na yung boses nya sa pagsagot.

**"Sige... Ako nalang maghahanda ng baon mo."**

Para syang nabuhayan at muling ngumiti sakin. *Ganyan dapat..*

**"Sabi mo yan ah.."**

Nag-nod naman ako at ngumiti rin sa kanya. Pero nawala din yun ng parehong kumulo sa gutom ang sikmura namin.

*Food! Bumuhos ka mula sa langit!*

**"Anung ginagawa nyong dalawa dyan?"** May nagsalita mula sa likod namin.

Lumingon ako para tignan. Si Rakki at nakangiti sya sakin habang hinahawi ang mahaba nyang buhok pero nawala yung ngiti nya ng makita si Ci-N sa tabi.

**"Hi Rakki!"** Bati ni Ci-N ng buong sigla.

Hmm? Parang nag-iba bigla si Ci-N. Anu yon? Buhay na buhay kahit pareho kaming gutom.

**"Hmpf!"** Pagtataray ni Rakki sa kanya. Lumapit sya samin at naupo sa tabi ko. **"Kamusta Jay?"**

**"Eto gutuman.. ikaw?"** Bored na sagot ko.

**"Bakit hindi----"**

Ci-N cut Rakki. **"Ako hindi mo kakamustahin?"**

Agad syang tinignan ng masama ni Rakki. **"Hindi na! Obvious naman na nakipag-away ka!"**

**"Ahihihi..."** Parang babae'ng kinilig si Ci-N. Anu yun? Bakit my ganun?

o_O! Question Mark na tuloy sakin tong si Ci-N. Pareho pa kami ni Rakki ng reaksyon.

**"Baliw..."** Bulong ni Rakki at muli akong hinarap. **"...Hindi paba kayo kumakain?"**

**"Hindi pa eh... Bawal na ko sa cafeteria kagaya nila..."** Sabi sabay turo kay Ci-N na todo smile kay Rakki.

**"Ganun?"** Tumingin sya sa entrance ng cafeteria. **"...Akina pera nyo. Gagawan ko ng paraan problema nyo."** Saad nya habang nakalahad ang kamay samin.

Kahit medyo naguguluhan nagbigay na rin ako ng pera. Si Ci-N no doubt na nag-abot. Nakakapag-taka lang yung pag-abot nya ng pera. Nilapat nya kasi ng husto yung palad nya sa palad ni Rakki.

**"Ahihihi..."** Sabi nito habang kinikilig

**"Sasabakan kita."** Banta ni Rakki sa kanya pero hindi naman sya nagpatinag. **"Anu pala gusto bilhin?"**

**"Kanin sakin tapos sa ulam baka minudo nalang. Ikaw Ci-N?"**

**"Special order sakin. *Rakki* tawag dun."** Sagot nya habang nakangiti ng nakakaloko.

Agad syang tinignan ng masama ni Rakki. **"Tsk! Ayaw ayusin!"**

Bahagyang tumawa si Ci-N. **"Kapareho nalang nung kay Jay-jay."**

Tumango lang si Rakki at mabilis na naglakad papunta sa cafeteria. Pagkakataon ko na. Pagkakataon ko ng maki-tsismis.

**"Hoy Ci-N! Anu yun?!"**

**"Anung 'anu yun'?"**

**"Yung kay *Rakki*!"** Iritable kong tanung sa kanya.

**"Anu... Classmate ko sya dati. Sya yung anu... Yung... hinalikan ko."** Paliwanag nya habang namumula ang pisngi.

*Ikaw na tunay na Hokage!*

Naningkit ang mata ko sa kanya. **"Crush mo si Rakki no?"**

Bigla nalang itong kinilig at parang sinisilihan ang pwet sa upuan. Hindi na kaylangan ng sagot kita'ng kita naman na. Daig pa babae kung kiligin.

**"Umayos ka nga!"** Sita ko sa kanya. Pinagtitinginan na kasi kami.

**"Ikaw kasi..."** Sabi nito sakin.

Hinampas ko sya ng malakas sa braso at halos mahulog sya sa kinauupuan.

**"Masakit!"** Reklamo nya sakin habang hinihimas ang braso nya. Inirapan ko lang sya.

Nakita kong lumabas na si Rakki ng cafeteria dala yung mga pinabili namin.

**"Eto na..."** Inabot nya samin yung hawak nya.

Nginitian ko sya. **"Salamat..."**

**"Thank you Rakki babe."** Sabi ni Ci-N.

Bigla'ng ngsalubong ang kilay ni Rakki at bago pa man sya makapagsalita hinatak na ko si Ci-N paalis. Halos madapa pa ko sa paghatak nya.

Huminto kami malapit sa building ng Section E.

**"Gago ka ay..."** Sabi ko habang naghahabol ng hangin pero ang Ci-N'ng walanghiya nakangiti pa rin at halatang masaya sa pinag-gagawa.

Naghanap kami ng mapu-pwestuhan para kainin yung pinabili namin. Baka kasi tangayin ng *foodnatcher* yun pagkain namin.

Nagtago kami sa likod ng mga tambak na gamit. Kumuha lang kami ng bangko at lamesa. Kasabay ng pag-nguya namin ay ang pagkagat ng mga LINTIK NA LAMOK samin! Ang sakit at ang kati!

Si Ci-N naman kasi! Pipili lang ng pwesto yung malamok pa.

Matapos kumain bumalik na kami sa room at agad kong inalcoholan yung mga kagat sakin.

Umiiwas pa rin ng tingin sakin yung buong klase. Tinignan ko si Felix pero umiwas din sya ng tingin. May masama kayang ginawa si Aries sa kanya?

Tumunog na yung bell at ilang sandali bago dumating ang teacher. Hindi din naman ganun katagal ang naging klase namin. P.E. na kasi ang sunod naming klase at binigyan kami ng 30 munites na vacant para makapag-handa.

Tumayo na ko para lumabas at magbihis pero laking gulat ko ng bigla'ng nghubad ng polo yung buong klase.

Pinilit kong magmadali baka kung anung makita ko sa pagbibihis nila. Kayalang huli na, hinubad na nila mga t-shirt or sando nila.

*Hala! Hala! Teka lang.*

Sanay naman akong nakakakita ng topless na lalaki pero ang dami kaya nila.

Lumabas ako agad at tumakbo sa pinaka-malapit na CR. Nagbihis na din ako. Jogging pants at t-shirt lang ang P.E uniform namin pero short at T-shirt naman sa lalaki.

Pagbalik ko sa room para itabi yung uniform ko napahinto ako ng makitang nakahubad pa rin yung iba sa kanila.

**"Hala..."** Bulong ko.

Okay lang sana kung topless lang eh. Kayalang naka-boxer lang yung iba. Kagaya ni Keifer, ang puti nya dinaig pa yung puti ko, mala-adonis din ang katawan nya. *Machete diet!*

Halos pareho lang sila ni Yuri ng katawan pero kung may kapansin-pansin sa kanya yun yung mga peklat nya sa katawan. Hindi rin sya ganun kaputi kagaya kay Keifer.

**"Hinay-hinay sa pagtitig.."** may bumulong sakin kaya halos mapaiktad ako sa gulat.

Si Ci-N lang pala. Nakabihis na sya at nakangiti na naman sakin. Inirapan ko lang sya at nilagay na sa bag ko yung uniform.

**"Tara na..."** Aya nya sakin. Tumango naman ako at sumunod sa kanya.

Ngayon pa lang ako makakapunta sa gymnasium. Sana naman maging matiwasay ang lintik na P.E na to.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 15

**Blood**

***Aries's POV***

**"P.E daw ng Section E ngayon... Can we watch?"** Mykel ask me.

Bakit sakin sya nagpapa-alam?

**"Bahala kayo..."**

**"Sure akong andun si Jay-jay... Anu kaya itsura nya kapag nag-P.E?"** Kiko said.

Why do i have this feeling na bastos yung ini-imagine nya?

**"Hoy Kiko! Pinsan ko pa rin yun!"**

**"Bakit? May masa----"**

**"Babe!"** Ella called me.

Lumapit sya samin at hinalikan ako sa pisngi.

**"Pupunta kami sa gym.. May practice kami. Sama ka?"** She ask.

Wait! Sa gym? P.E. ng Section E ngayon. *Keifer.*

**"Yeah.. Sure."** I answer shortly.

Binigyan ako ni Kiko at Mykel ng makahuluga'ng tingin. Alam ko namang gets nila kung bakit ako pumayag.

Naglakad na si Ella papunta sa gym at sumunod naman kami. Pagdating dun, halos mapahinto si Ella ng makita ang buong Section E sa loob ng gym.

Inakbayan ko sya agad. I don't know why i do that but i know i have to. Masama ang tingin samin ng grupo ni Kiefer at Yuri.

**"Look who's back.."** Kiko said.

Napatingin ako sa kanya bago tignan kung sino yung sinasabi nya. Si David, ang laki ng pinayat nya. Muli kong tinignan ang grupo ni Keifer pero iba ang nahagip ng paningin ko.

Si Jay-jay.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Class, grab a partner!"** Utos ng P.E teacher namin.

Batuhan bola daw muna ang gagawin namin. Pares-pares muna ang peg. Syempre obvious naman na walang mag-partner sakin kaya hinatak ko na si Ci-N.

**"Partner tayo!"** Sabi ko habang naka-yapos sa braso nya.

Mabilis namang siyang tumango habang nakangiti. Sabay pa kaming naglakad at kulang na lang kumanta kami habang papaleng-paleng ang ulo kagaya sa mga pelikula o commercial sa TV. Feeling ko bagay talaga kaming partners o bff ni Ci.

Humanap ako ng pwesto para samin at sumunod naman sya. Kumuha ako ng bola. Kulay pula yun na medyo malambot, madalas gamitin sa dudge ball.

Nag-umpisa na kami ni Ci-N. Nung una tahimik lang kami sa batuha'ng ginagawa namin hangang sa may lumipad na bola sa harapan ko.

*Woaahhh... Muntik na!*

Muntik na ko tamaan kaya napatingin ako sa pinang-galingan nun. Kayalang patay malisya yung mga ulupong.

**"Nakita mo kung saan galing yun?"** Tanung ko kay Ci-N.

**"Ang alin?"**

**"Yung dumaan sa harap ko!"**

**"H-Hindi."**

Hindi ko nalang pinansin at baka aksidente lang. Bumalik kami sa ginagawa namin. Bato dito, salo don, bato ulit at-----woaaahhhh!!

May lumipad na naman na bola malapit sa muka ko! Hindi lang isa, kundi dalawa.

Tumingin ulit ako sa pwedeng pang-galingan. Hindi na aksidente yon, dalawa na eh.

Nakita ko yung mga classmate namin. Masama ang tingin samin----sakin lang pala. May mga hawak silang bola. Iba-iba, pati bola ng football, tennis, volleyball at basketball meron.

*B-bakit?*

Bigla'ng bumilis yun tibok ng puso ko. Kakaiba yung kaba ko. Hindi rin maganda to parang alam ko na kung saan mauuwi.

Tumingin ako kay Ci-N para humingi ng tulong pero ang walang-hiya biglang nawala. *Ci-N!*

Napalunok nalang ako at napaatras. Hangang sa bigla silang pumwesto at bumwelo.

*Anak ng... Tumakbo kana Jay!*

Ayaw gumalaw ng binti ko. Asar!

**"Section E!"** Sigaw ni Keifer. May hawak syang bola ng baseball kagaya noon bumwelo rin sya.

**"Charge!"** Sigaw nya.

One word?! *Masakit!* Gano kasakit? *Pvtang'na! Sobrang sakit!*

Sa pagsigaw ni Keifer nag-umpisa na silang batuhin ako ng bola. Wala akong magawa kundi ang protektahan ang ulo ko. Kahit kasi tumakbo ako, wala na ring saysay.

Dinig na dinig ko yung tawanan nila at hiyawan. Pati pag-sipol ng teacher namin sa pito nya dinig ko din. Pati mga students na naka-tambay lang ata naghiyawan at sigawan din.

Kusang bumagsak ang katawan ko. Hindi naman kasi ako poste para tumindig lang kahit anung tama or sipa.

*Masakit! Pati damdamin ko nasasaktan!*

Mapapa-isip ka nalang na *bakit ikaw.* Bakit nga ba? May ginawa ba ko'ng masama sa kanila? Natapos ang pambabato nila at tinignan ko sila.

Nakatawa lang sila'ng lahat sakin. Si Ci-N hawak-hawak ni Felix at ng iba pa, kita ko yung pag-aalala nya. Nakita ko din yung ibang students na naka-tingin sakin. Dun ko lang din na-realize andun pala si Aries at mga classmate nya.

Si Aries. Kung hindi ko ba sya naging pinsan mangyayari ba sakin to? Sya ba dahilan kung bakit nila ginagawa to?

Hindi ko alam kung bakit pero gusto kong umiyak. Siguro dahil masakit yung katawan ko sa tama ng mga bola o dahil hindi ako makapalag sa mga ginagawa nila kahit gusto-gusto ko lumaban.

Babae pa rin naman ako. Mabilis masaktan, hindi lang pisikal pero pati mental at emosyonal.

Pinilit kong tumayo. Pakiramdam ko kasi aping-api na ko at ayoko ng ganung pakiramdam. Papatayo na ko ng makita ko si Keifer na bumwelo.

May hawak syang bola ng baseball. *Teka! Diba binato na nya yun?* Para syang pitcher sa paraan nya ng pagbato.

Binato nya yung bola at masyado'ng mabilis ang pangyayari para harangan o iwasan ko pa yun. Diretso'ng tumama yung bola sa ilong ko dahilan para bumagsak na naman ako sa sahig.

**"Uhg... Aray..."**

*Tama na! Pagod na ko ahh! Masyado ng masakit!*

Sandali akong nagtagal sa paghiga, para kasi akong nahihilo. Ilang segundo pa bago ko pinilit ko ulit tumayo. Tinignan ko ng masama si Keifer pero naka-smirk lang sya sakin.

*Isang suntok lang! Yun lang hinihingi ko! Maligaya na ko!*

Naramdaman kong parang may lumalabas sa ilong ko. Feeling ko sipon, dahil siguro naiiyak na ko kaya meron.

Ginamit ko yung kamay ko pamunas sa ilong ko. Nakakahiya kasi kung makikita nila. Kayalang ayaw mawala meron pa rin akong nararamdaman na tumutulo sa ilong ko.

**"Jay.."** dinig kong sabi ni Ci-N.

Tinignan ko sya at sobra yung pag-alala na nakikita ko sa kanya. Kinabahan ako bigla.... Ayoko sana pero tinignan ko yung kamay ko na ginamit kong pamunas.

Na sana pala hindi ko ginawa.

**"D-d-dugo..."**

*Huminahon ka Jay! Kaunti'ng dugo lang yan!*

Mas bumilis pa ang tibok ng puso ko. Nag-umpisa na rin ang panginginig ng buong katawan ko. Hindi to maganda! Nauulit na naman! Hindi ako makahinga. Parang may sumasakal sakin.

Unti-unti na ring lumalabo ang paningin ko. Hindi ko alam kung dahil sa luha o dahil nag-uumpisa na naman.

Ganito rin yun. Ganito rin pakiramdam ko nun bago magdilim ang lahat at hindi ko na maalala ang mga pangyayari.

*Labanan mo Jay! Dugo lang yan! Huminahon ka!*

Kahit anung kausap ko sa sarili ko parang wala ding saysay.

*"Napaka-tigas ng ulo mo! Sumunod ka sa sasabihin ko!"*

*"Wala kang kwenta!"*

*"Mamatay kana! Dagdag palamunin!"*

*"Wala ang nanay mo, kaya pwede kong gawin lahat ng gusto ko!"*

Ayan na naman. Mga memorya na hindi naman pamilyar sakin. Mga boses ng mga lalaki'ng paulit-ulit sumisigaw sa isipan ko. Nakakatakot sila pero kahit ganun andun pa rin yung pakiramdam ko na dapat akong lumaban.

Nakatitig lang ako sa kamay ko, kitang kita ko ang panginginig nito. Nag-uumpisa na rin akong maakit sa dugo at parang may sariling isip ang kamay kong unti-unti lumalapit sa bibig ko.

*Hindi! Jay! Wag! Makinig ka!*

Halos guhit nalang ang pagitan ng kamay ko sa bibig ko ng may tumabig nito. Para akong nagising sa panaginip at tumingin sa gumawa non.

*Aries.*

**"Kuhanin mo gamit mo at uuwi na tayo."** Ma-otoridad nyang utos.

Naguguluhan ako. Hindi rin ako makagalaw. Ayaw kumilos ng paa ko.

**"JAY!"** Galit na sigaw ni Aries.

Medyo nagulat pa ko pero agad din akong sumunod. Mabilis akong tumakbo pabalik sa room.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

Mukang may napikon. Hindi ko naman alam na dudugo yung ilong nya. Pero bakit ganun yung reaksyon nya sa dugo?

**"Pwedeng wag mong idamay si Jay-jay dito."** Aries said.

**"Affected ka?"** I ask and smirk.

*Nice! Dagdag na alas laban sayo!*

**"Hindi... Nag-alala lang ako para sa inyo."** He said and also smirk. **"..Kung ako sayo hindi ko hahayaan na makakita sya ng dugo."**

**"Kelan ka pa nag-worry samin?"**

**"Ngayon lang... Ikaw din, baka magulat ka at makaharap mo bigla ang delubyo."**

I cross my arm. **"I don't believe you and beside your cousin belongs to Section E, kaya wala kang paki-alam kung anung gawin namin sa kanya."**

He chuckled. **"Don't say I didn't warn you."** He said and walk away.

Kasunod nya si Kiko na nag-iwan ng matalim na tingin kay David. Kasunod din nya si... Ella.

She look very disappointed in me. I can't blame her. I'm still a failure, maybe that's the reason why she didn't choose me.

*I'm sorry Ella...*

**"Keifer! Bakit kailangan mong gawin yun?!"** Galit na sigaw sakin ni Ci-N.

**"It's an accident! Hindi ko naman alam na dudugo yung ilong nya."**

**"Yeah right... Yan din ang sinabi mo sa huling laro mo ng baseball."** Ci-N said.

Nag-init ang ulo ko sa sinabi nya. Bakit kailangan nyang ipa-alala yun? Agad kong hinawakan ang shirt nya at tinignan sya ng masama.

**"Wag mo kong pagsasalitaan... Baka nakakalimutan mong kung sino ako."**

**"Alam ko pero si Jay----"**

**"Anu? Lumalambot kana?"**

**"Keifer... Ibaba mo na yan."** Yuri said boredly.

Binatiwan ko si Ci-N pero nasa kanya pa rin ang tingin ko.

**"Wag mong hinatayin ang galit ko. Sundin mo lahat ng sasabihin ko."** I look at everyone. **"...Jay will stay at Section E!"**

**"What?!"** Yuri asks in disbelief.

**"You heard me. She will stay, I have a plan."**

Thanks to Aries, I now know what to do with his cousin. Hindi ko alam na magagamit ko sya. Like what I said, panibagong alas laban sa kanya.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 16

**Absent**

***Jay-jay's POV***

Masarap palang magkulong sa kwarto. Yung may nagdadala nalang ng pagkain sayo. Preso lang ang peg pero may kalayaan naman lumabas.

Sadyang ayoko lang talaga. Kahit nung weekend hindi rin ako lumalabas. Ilang araw na din akong hindi pumapasok.

*Pwede naba kong huminto sa pag-aaral?*

May kumatok sa pinto at unti-unti'ng bumukas. Pumasok si Tita Gema na may dala-dala'ng tray na may pagkain.

**"Jay.. kumain ka at uminom ng gamot."**

Bumangon ako at umupo. **"Tita.. pwede po bang mag-stop na ko sa pag-aaral?"**

**"Bakit naman? Dahil ba dun sa mga ng bully sayo?"** May halong pag-aalala sa boses nya.

*Kesa mapa-away ako... Edi iwasan ko nalang.*

**"Ayoko lang pong mapa-away. Diba nag-promise na ko na magbabago?"**

Hinawakan nya yung kamay ko at tinignan ako sa mga mata. **"Maraming paraan para labanan ang nang-bubully. Hindi lang pakikipag-basagan ng bungo ang solusyon."**

*Basagan ng bungo? San nakuha ni Tita yun?*

**"Pero kung kailangan na talaga... Sige tatanggapin namin."** Dagdag nya.

Binibigyan nya ko ng permiso makipag-away? Parang nabuhayan ako bigla dun ah! Hahahahahaha **Evil laugh**

**"Sure po kayo? Okay lang po talaga?"**

**"Oo.. pero wag naman palagi."** Hinawakan nya yung pisngi ko at hinimas yun gamit yung hinlalaki nya. **"Sige na.. Aalis muna ko kaya kung may kailangan ka, tawagin mo lang yung mga maid. Okay?"**

**"Sige po..."**

Lumabas na si Tita Gema sa room. So pwede lang akong makipag-away kapag binubully ako at dapat minsan lang? Pwede na yon atleast makakatanggi na ko si ginagawa nila sakin.

Kinain ko na yung dala ni Tita'ng pagkain. Ayoko uminom ng gamot feeling ko kasi hindi effective. Masakit parin kasi yung ilong ko. Kapag tuloy humaharap ako sa salamin nakikita ko si Rudolf yung raindeer ni Santa.

Nilalagyan ko nalang ng strip yung ilong ko. Muka tuloy akong nagpa-nose job. Kukuha sana ko ng panibago para ilagay sa ilong ko kayalang ubos na pala.

*Lumabas kaya ako para bumili?*

Sabagay hindi masaya magkulong sa kwarto. Masarap lang pero hindi masaya. Nagpalit ako ng damit at nag-toothbrush. Bibili ako ng panibagong strip sa ilong.

Pagkatapos maghanda kinuha ko na yung wallet ko at lumabas. Nag-paalam ako sa maid nila Tita.

*Sa mall nalang siguro ako bibili. May butika naman sa mall. Mamasyal na rin ako.*

Nag-patawag ako ng Taxi. Hindi ko pa kasi alam kung panu mag-commute sa mga bus or jeep papunta sa mall.

Hindi rin naman pala kalayuan yung mall. Matagal lang ang byahe dahil sa traffic. Bumaba na ko ng taxi at inabot yung bayad.

*Parang nakakahiya ata.*

Ang daming tao, puro istudyante pa yung iba. Umuwi na kaya ako? Kayalang sayang andito na ko. Bahala na nga.

Pagpasok ko sa mall pinag-tinginan agad ako dahil sa strip sa ilong ko.

*Ngayon lang kayo nakakita nito?*

Dahil tao sa mula ang tropa nyo, hindi ko alam kung saan pupunta. Buti nalang at laging may gaurd at utility sa paligid.

**"Kuya.. Saan po dito ang butika nyo?"** Tanung ko kay Manong gaurd.

**"Watsons po ba? Diretso lang po."**

**"Sige po.. Thank you."**

Lumakad na ko. Diniretso ko lang yung daan. Parang pamilyar sakin yung Watsons? Sino nga ba yung may ganung apilyido? Tss. Nasa dulo ng dila ko eh.

*Ilabas mo para makita mo.*

Ayoko! Muka naman akong tanga non.

Nasa tapat na ko ng Watsons ng maalala ko kung sino yung may ganitong apilyido. Yung kasumpa-sumpa'ng Keifer na yun.

*Mark Keifer Watson.*

Hindi kaya sila may-ari nito? Parang ayoko na bumili dito. Pero baka hindi rin, Watsons kasi to *Watson* lang si Keifer. Bahala na nga.

Pumasok nalang ako sa loob para bumili. Nagpatulong nalang ako sa saleslady para mabilis.

Pagkatapos bumili, lumabas na ko agad. Sinisilip ko yung binili ko ng may bumunggo sakin.

*Shit! Yung ilong ko!*

Agad kong hinawakan yun at pinakiramdaman. Whhoooohaaaaaa! Whhoooohaaaaaa!

May narinig akong nagtawanan. **"Ang pula ng ilong nya! Hahahaha!"**

Tinignan ko yung mga talipandas na nagtatawanan. Siguro malas talaga ko or may sumpa lang yung mga Watson. Classmate ko tong mga to eh.

Tinignan ko rin kung sino yung nakabungguan ko. -_-! *May sumpa talaga mga Watson!*

**"You look stupid!"**

Hayop! Stupid daw... *Namo! Namo! Pakyu!*

Hindi nalang ako nagsalita at lumakad nalang ako paalis.

**"Wait! Jay! Sama ka samin!"** Aya sakin nung isa sa kanila.

Anu bang ginagawa nitong apat na to dito? Hindi rin ba sila pumasok?

*Malamang kasi andito sila! Comon sense Jay! Gamitin mo minsan para hindi sayang.*

**"Ayoko!"** Maikling sagot ko at lumakad paalis.

Nakaka-ilang hakbang palang ako ng may humawak sa braso ko. *Aray ah!*

**"Anu ba?!"** Galit na sita ko sa hayop na pumigil sakin.

Si Keifer? Problema nito?

**"Tss. Come with us."**

**"Ayaw!"**

**"Childish!"**

Naningkit ang mata ko sa kanya. Anung hindi nya maintindihan sa salitang *Ayaw!*?

**"Ayoko nga eh! Kulit!"** Pinilit kong magpumiglas sa pagkakahawak nya pero lalo lang nya hinigpitan.

**"Ikaw ang makulit!"** Bigla syang lumakad at halos makaladkad ako.

**"Anaknang... Masusubsob ako! Bitaw na!"**

**"Tss."**

Putulin ko kaya dila nito ng matigil sa kaka-*tss*. Abnormal kasi! Kaasar!

Pinagtitinginan na kami nung mga tao dahil sa eksena namin. Muka lang tanga kasi. Napaka nitong Keifer na to.

Tumigil kami sa harap ng isang ice cream parlor. Pumasok na yung tatlong kasama nya at sumunod kami. Umakyat kami sa second floor, at may nakabalandra'ng VIP.

*Wew.*

**"Sit!"** Utos nya sakin habang nakaturo sa bangko.

*Maka-Sit naman to! Aso lang?!*

Hindi ako sumunod. Nag-cross arm lang ako at tinignan sya ng masama.

**"Anu ba kailangan mo? Uuwi na ko!"**

**"Maupo ka!"**

**"Anu ba kasi yun?!"**

**"DAMN IT! MAHIRAP BANG UMUPO?!"** Galit na sabi nya.

Pinagtinginan na kami ng mga tao sa ground floor ng Ice Cream Parlor.

*Kainis naman!*

Wala akong paki-alam kung magalit sya pero ayoko ng eksena. Umupo nalang ako at umiwas ng tingin sa kanya.

**"Kit.. Order for me. Yung specialty nyo."** Utos ni Keifer sa isa sa classmate namin.

Sumunod naman yung Kit. *Yun pala ang pangalan nya? Kit! Okay...*

Teka lang! *Nyo?* Ibig sabihin kila Kit ito? Wow! Yayamanin.

Biglang hinawakan ni Keifer ang baba ko at pilit iniharap ang muka ko sa kanya. Papalag sana ko pero nakakamatay na yung tingin nya sakin.

**"Don't move."** Sabi nya at sinipat-sipat yung ilong ko.

*Sige tignan mo yang kagagawan mo!*

Kinuha nya yung binili ko sa Watsons at binuksan yun. Tinanggal din nya yung strip sa ilong ko.

**"Aaaray..."**

**"Masakit?"** Tanung nya.

*Gago lang?*

**"Tanung ba yan?!"** Pagtataray ko sa kanya.

Bigla nyang pinindot yung ilong ko. Halos malaglag ako sa upuan dahil sa sakit.

*Harrrooooo! Ang sakit! Putik!*

Jusme! Ayoko ng eksena!

**"Tang'na moooo... Masakiiittt... Hayooooop.."** Sambit ko habang pinipilit hinaan at ipit yung boses.

Nakita ko yung dalawang natitira'ng kasama ni Keifer na tumatawa.

**"Nag-tatanung ako ng maayos dito."** Sabi ni Keifer.

**"Kita naman... Itatanung mo pa. Gago lang?"**

Maluha-luha yung mata ko dahil sa sakit. Dahan-dahan kong hinawakan yung ilong ko. Mahirap na! Baka naging Valdemort na ko.

Hinawakan nya ulit yung baba ko at pilit iniharap sa kanya. Nakakuha na pala sya ng strip na binili ko at akmang ididikit sa ilong ko.

**"Ayusin mo... Sasamain ka sakin."** Pagbabanta ko sa kanya.

**"Tss. Hold still."** Sabi nya at dahan daha'ng dinikit yung strip sa ilong ko.

Dinikit na nya yung strip at ewan ko, bigla nalang ako napatitig sa kanya at ganun din sya sakin. Yun nga lang inirapan nya ko.

*Bakit ka nang-iirap?*

Dumating na yung Kit dala-dala yung special order na hinihingi ni Keifer kumag. Binaba nya yun sa harap ni Keifer.

Grabe! Nag-uumpaw sa ice cream at may nakatusok pang stick-o at puro chocolate syrup at my marsmallow pa with sprinkles.

Akala ko sya yung kakain pero bigla nya tinulak yung malaking Mason Jar na pinag-lalagyan nung ice cream papunta sakin.

**"This is for you..."** Sabi nya.

**"Anu yan? Suhol!"**

**"If that's what you would like to call it, then fine. Suhol."**

Taimtim ko syang tinignan sa mata nya. **"Tingin mo madadaan mo ko dyan?"**

**"Yeah.. This is every girl weaknesses."**

**"No. Not me. I don't like ice cream."**

*Talaga?! Sure ka Jay?*

Hindi ako magpapadala sa suhol. *Sorry Ice cream!* T_T

**"Then.. what do you want?"**

Uy... Pursigido ang tropa mo! Mukang nakonsensya sa ginawa sakin.

**"A simple *sorry* na galing dito."** Tinuro ko yung puso nya. **"..Then paki-explain kung bakit nyo ginawa yun."**

He chuckled. **"Apologizing is not my thing, so as explaining."**

*Uy rhyme. Yun siguro motto nya.*

**"Then were both wasting our time. Uuwi na ko."** Sabi ko at kinuha na yung binili ko. Mabilis akong naglakad palayo sa kanila.

*Gago ba sya? Feeling nya ganun lang kadali yun. Mamanyas sya!*

Pero sayang din yung ice cream. Bibili nalang ako sa convience store. Pero bago yun, kailangan ko munang makauwi. Saan naman kaya ako sasakay or mag-aabang ng taxi dito?

*Ang galing galing nito! Maglakad ka pauwi!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 17

**Re-Election**

***Jay-jay's POV***

**"Edi takot ka sa dugo?"** Tanung ni Ci-N.

Kanina pa yan. Malapit-lapit na kong mainis. Pagpasok ko pa lang sa room nilapitan na ko at tinanung ng tinanung tungkol sa nangyari nung P.E. namin.

Sinabi ko ng hindi pero ayaw nya kong tigilan.

**"Ci! Hindi nga diba? Hindi ko din alam lung bakit ako nagkaganun. Kulit naman ih!"** Iritableng sagot ko sa kanya.

**"Pero nangyari na sayo dati yun?"** Tanung ulit nya.

*Dati? Oo..*

**"Hindi ko maalala."**

**"Pwede ba yun?"**

**"Oo naman... Ikaw naaalala mo yung ginawa mo 10 years ago? Lahat-lahat?"**

Tumahimik sya at nag-isip. Ngumiti sya sakin at umiling.

**"Kita mo.."**

Nag-pout nalang sya habang nagkamot ng ulo. Tama naman ako eh. Kulit-kulit lang kasi sarap sampalin minsan.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"Any updates?"** I ask Edrix and Rory.

**"Yup.. Nakuha ko na private information nila."** Rory answer.

Rory is really the best information seeker in my group. Kahit NSO copy ng isang tao kaya nyang kunin. I don't know how he did that but according to him he have his ways thanks to his father that is working as an private investigator and owned its own firm.

**"How about Ci-N? Ginagawa ba nya yung trabaho nya?"** I ask.

**"Kasama nya si Jay-jay ngayon kagaya ng gusto mo."** Edrix answer.

That's great. Makuha ko lang lahat ng information na kailangan ko pwede ko ng simulan ang plano.

Hindi naman kalakiha'ng plano'ng yun but enough para malaman ang reaction nya sa bawat gagawin ko sa pinsan nya. If things went well, magagawa ko na ang huling plano ko and i will make sure he'll pay everything.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Mabilis natapos ang Morning class namin. Ganun ata talaga kapag lutang ang isip. Lunch time na at balak kong bumalik sa tambayan ko para dun kumain.

Tatayo na sana ko ng lumapit sakin si Ci-N na may malapad na ngiti.

**"Bakit?"** Tanung ko sa kanya.

Bigla nalang yung ngiti nya at naging malungkot. **"Nakalimutan mo?"**

Taka ko syang tinignan. **"Ang alin?"**

**"Ay.. nakalimutan talaga nya."**

*Wawa naman ang bata! Haha*

**"Joke lang.. syempre naaalala ko."**

Ang sarap nya pagtripan. Kala nya siguro nakalimutan ko syang ipagbaon. Yun kasi yung pangako ko sa kanya nung nakaraan.

Bumalik yung malapad nyang ngiti kanina. **"Salamat.."**

**"Tara dun tayo sa tambayan ko..."** Aya ko sa kanya at sumunod sya.

Baka kasi pagbinigay ko sa kanya yung baon nya na inihanda ko kuhanin ng mga ulupong. Pero feeling ko hindi rin. Hindi parin kasi ako pinapansin ng mga luko.

Okay lang naman sakin. KAHIT MAY KASALANAN SILA! Kakapal din! Sila na nga yung nan-trip sakin nung nakaraan tapos sila pa yung may ganang hindi mamansin. *Mahiya kayo oy!*

Nakarating kami ni Ci-N sa tambayan ko. Binigay ko sa kanya yung isa pang baunan na dala ko. Next time Bento Box na yung dadalhin ko para malaki at marami laman.

**"Bistek tawag dito diba?"** Tanung ni Ci-N habang sinisipat yung ulam.

**"Oo nalang..."** Sagot ko sa kanya.

Kumakain na kasi ako. Ayoko ng tanung ng tanung sakin habang ngumunguya. Bahala sya dyan! Galit-galit muna kami. Hehe.

Tamihik lang kaming dalawa. Mukang nakahalata na ayaw ko ng may kausap habang kumakain.

Nauna akong natapos kay Ci-N kaya hinintay ko muna sya.

**"Jay..."** Panimula nya habang ngumunguya. **"...Magka-galit ba kayo ni Aries?"**

*Hindi... Pero galit sya sakin.*

**"Hindi naman... Bakit mo natanung?"**

Nilunok muna nito ang nasa bibig bago mag-salita. **"Hindi ko kasi kayo nakikitang nag-uusap. Pero sabay kayong pumapasok tapos yung nangyari pa nung P.E."**

**"Hindi lang kami close kaya ganun."**

*Oo.. Ganun lang yun.*

Tumango lang sya at bumalik sa ginagawa. Matapos ubusin yung pagkain nya, binalik na nya sakin yung lalagyan.

Maaaga pa naman kaya hindi muna kami umalis don. Tambay mode: On!

**"Anu pa lang sabi ng Mama mo nung umuwi kang Red Nose?"** Tanung nya habang natatawa.

*Nang-iinis ba to?*

Red Nose talaga?!

**"Wala... Hindi naman nya nakita."** Walang gana kong sagot. Masyado syang busy sa bago nyang asawa para intindihin ako.

**"Hindi nakita? Panu----"**

**"Hindi kami magkasama sa bahay. Nakikitira lang ako kila Aries."**

Ayoko sanang pag-usapan to, kayalang medyo matanung si Ci-N ngayon. Okay lang naman dahil friends na kami pero hindi pa rin ako komportable'ng mag-kwento.

Sandali syang tumahimik. Sana lang nakaramdam sya. Humarap sya sakin at ngumiti. Bakit parang may iba sa ngiti nya?

**"Laro tayo..."**

*Bata talaga!*

**"Anung laro?"**

**"20 question... Salitan ang magtatanung at dapat hindi maulit ang tanung. Hindi rin pwede sumagot ng '*secret*' o kaya '*ewan*'."**

Anung problema nito? Hindi ba talaga sya makaramdam? Pero baka may iba syang gustong gawin. Baka nalilibang lang nya ko.

**"Sige... Pero ako muna magtatanung."** Ngumiti sya at tumango sakin. **"..Bakit ginawa ni Keifer sakin yun?"**

Nawala yung ngiti nya at hindi nagsalita. Pinilit din nyang umiwas ng tingin. Kala mo ah! Kailangan ko din ng mga kasagutan.

**"A-anu... K-kasi..."**

**"Wag na natin ituloy to kung ayaw mo."**

**"H-hindi naman sa ayaw kong sumagot. Baka kasi makagalitan ako ni Keifer."**

Naglabas ako ng malalim na hininga. **"Natatakot ka sa kanya?"**

Umiwas sya ng tingin. **"Oo.. May utang na loob ako sa kanya. Tsaka tignan mo ko compare sa kanya."**

Hindi ako natutuwa sa mga naririnig ko. Ang laking bully pala ng hayop na yun! Naiinis ako, hindi dahil sa ginawa nya sakin kundi dahil pakiramdam ko kayang kaya nya lahat.

**"Bumalik na tayo..."** Sabi ko at tumayo na mula sa pagkaka-upo.

Sumunod naman sakin si Ci-N. Paghakbang sa huling baitang huminto ako.

**"Mauna kana sa room. Susunod nalang ako."** Sabi ko ng hindi humaharap kay Ci-N.

**"H-ha? Mag-time na kaya."**

**"Alam ko.."**

**"S-sige."** Sagot nya sakin at tuluyan ng umalis pabalik sa room.

Naiinis kasi ako. Parang ayoko makita si Keifer. Ayoko ring makita yung buong Section E. Iisa lang si Keifer at kung tutuusin kaya nila sya pero hindi sila lumalaban sa kanya.

*Anung meron sa kanya? Anung meron kay Keifer? Anung meron sayo?*

Sa sobrang inis ko nasipa ko yung sirang bangko na nakakalat sa daan. Medyo masakit pero mas nanaig yung inis ko sa hayop na yun.

*May araw ka rin sakin Keifer!*

**"Sira na nga sisirain mo pa."**

*Speaking of the devil!*

May hawak na naman syang bola ng baseball. Binabato-bato nya pa yun sa ere habang nakatingin sakin.

Nag-cross arm ako tinginan sya. **"Paki mo!"**

**"Tss. Problema mo?"** Bored nyang tanung sakin.

**"None of your business."**

Nag-smirk sya at lumakad pabalik sa room pero huminto sya ng makalagpas sakin. **"Re-election nga pala mamaya. Hindi natuloy nung nakaraan. Suportohan mo ko ah?."**

Kapal! Manigas ka dyan! Hindi kita susuportahan! Kala mo!

Bumalik na sya sa room at tumunog ang bell. Wala pa sana kong balak na bumalik kayalang natanaw ko na yung teacher. Pfffttt...

As usual wala pa ring pumapansin sakin. Si Ci-N naman nagpipilit ng ngiti. Parang ang lalim din ng iniisip nya.

Natapos ang klase at uwian. Madalas excited ako sa uwian pero ngayon parang ang boring. *Kasalanan to ni Keifer!*

Paglabas ng teacher nag-simula ang buong klase na ayusin yung bangko at lamesa. Nilagay nila sa gilid at nagmistulang paSquare ang itsura.

*Ganito sila mag-re-election?*

Nasa loob ng squire yung dalawa. Samatalang kaming lahat nasa labas. Muka silang nasa boxing ring at kami yung audience.

**"Katulad dati... Matira matibay! Ang matirang nakatayo ang panalo at magiging presidente ng Section E!"** Paliwanag ni Kit sa lahat.

*Anu daw?*

Anung matira matibay? Anung klaseng eleksyon to? Botohan ang kilala kong eleksyon.

Hinubad na ni David at Keifer mga polo nila. Pati sando at T-shirt na pang-loob ng isa't isa hinubad na rin nila. *Wew!*

My muscle si David kahit payat sya. Hindi nga lang kagaya nung kay Keifer. Masyado'ng malaki katawan ni Keifer para kay David. Parang luge ata! *Hindi patas ang laban!*

Pareho silang pumorma ng parang sa boxing.

*Anaknang...*

Seriously? Eto talaga re-election nila? Boxing?

Kanya-kanya ng hiyawan ang mga luko.

"*Go David!*"

"*Pabagsakin mo yan Keifer!*"

"*Keifer!*"

"*Keifer! Kayang kaya mo yan!*"

Mas maraming supporters si Keifer kumag. Kawawa naman si David.

Tumayo si Kit sa isa sa lamesa. **"Simulan na ang laban!!"** Sigaw nya at sabay sabay nagkalampagan ang mga luko sa lamesa.

Si David ang unang sumuntok pero naka-ilag si Keifer. Bumawi si Keifer pero nakaiwas din si David.

Lumayo muna sila sandali. Mukang nagpapa-init lang.

*Banatan mo David!*

Ay... Bakit pati ako nakikisali na?!

Muling sumugod ang David. Nakaiwas ulit si Keifer pero sinundan pa nya ng isa.

BAGSAK SI KEIFER!!

**"SIGE PA!! BANATAN MO!!"** Sigaw ko.

Nagulat ako sa ginawa ko pero hindi naman ako pinansin ng mga katabi ko. Okay lang naman siguro kung makiki-cheer ako.

Tumayo ang Keifer at halatang galit na sya. Hindi pa nakaka-porma si David ng sunggaban nya ng suntok. Bagsak si David.

**"Madaya... HOY! MANDURUGAS KA!"** Sigaw ko habang humahampas sa lamesa.

Napatingin sakin si Keifer at iba pa. *Anu? Tama naman ako!*

Tumayo ang David at bumalik sa laban. May ilang beses din silang nagpalitan ng suntok. Bumagsak ulit si David at halatang pagod na.

*Hindi pwede to! Matatalo yung manok ko!*

Lumapit ako sa pwesto nya at nagsisigaw. **"DAVID! WAG KA PAPATALO SA IMPAKTO NA YAN!"**

Tinignan ako ng masama ni Keifer at iritable akong tinignan ni David.

**"Tsk! Ingay mo!"** Reklamo nung David sakin.

**"WALA AKONG PAKI! BASTA BANATAN MO YANG MOKONG NA YAN!"** sigaw ko a muling tumayo ang David.

Para talaga kaming nasa boxing. Donaire vs. Pacquiao. Syempre parehong pinoy tong naglalaban eh!

Sana lang hindi tong Keifer na to ang manalo.

*Matalo ka Keifer!!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 18

**Win or Lose**

***Yuri's POV***

Ang alam ko sa babae ayaw or takot sa gulo ng mga lalaki. Pero etong babae na to parang nag-eenjoy pa sa nakikita. May pahampas-hampas pa sa lamesa.

**"KALIWAIN MO!"** Sigaw nya.

*Kaliwain?* What kind of word is that? Ang lakas din ng bunganga nya. Nakakarindi! Sakit sa tenga!

**"WAG KA PAPATALO! ANU BA?!"**

*What the...* Daig pa nya yung trainer ng isang boxer.

**"HOY! WAG KANG----AHHH! TUMAYO KA!"**

*Fvck!* Kaka-obserba ko sa kanya nawala sa isip ko yung laban. Bagsak na si David at hindi na makatayo. Dumudugo na rin yung gilid ng mata nya.

Nakatayo pa rin si Keifer pero hirap na sa paghinga. Nangingitim na rin yung gilid ng labi nya.

**"DABID!! TUMAYO KA----"**

**"SHUT UP!!"** I shout.

Tinignan nya ko ng masama. Napaka-ingay kasi ng bunganga nya. Nangingibaw sa ingay na ginagawa ng iba.

Tinanguan ko si Kit. Senyales na tapusin na ang laban.

Tumayo ulit sya sa isa sa lamesa. **"Simulan na ang bilangan! 10, 9, 8, 7.."**

Sinabayan ng buong klase ang bilangan.

**"..6, 5, 4, 3, 2, 1! Bagsak si David! Si Keifer ang panalo!"**

It's official. Hawak na ni Keifer ang buong Section E. Magagawa na nya ang gusto nya.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

BWISIT! Naiinis ako! Bakit nanalo yung Keifer na yun? May nangyari'ng dayaan!

**"Sure ako nandaya yung Keifer na yun."** Sabi ko habang nililinis ang sugat ni David.

Wala man lang kasing tumulong sa kanya. Mga balimbing yung suporters nya. Lumipat na kay Keifer nung nanalo sya.

Matapos din ang laban, lumayas silang lahat. Celebration daw! Walang naiwan kay David kaya ako na nagprisinta'ng tulungan sya.

**"You don't have to do this..."** Sabi nya habang pilit tinatabig yung kamay.

Obvious naman na wala na syang lakas kaya wala rin syang magawa.

**"Dapat ikaw yung nanalo..."** Sabi ko.

**"Argh!"** Reklamo nya.

Nadiinan ko kasi yung gilid ng mata nya.

**"Sorry..."** Sabi ko at pinagpatuloy ang ginagawa.

Kinuha ko yung alcohol sa bag ko at naglagay sa bimpong hawak ko.

**"T-teka... M-masakit yan."**

**"Hindi yan..."**

Dimampi ko yung bimpo sa muka nya at para syang nakuryente sa pag-igtad sa kina-uupuan.

**"Aw... Fvck!"** Sigaw nya.

**"Arte nito! Nung nasuntok kaba hindi ka nasaktan?!"**

**"Iba naman yun... Ouch!"**

**"Iisa lang yun!"**

Pilit kong nilapit yung bimpo sa muka nya. Kahit walang lakas, pilit pa rin nyang tinatabig ang kamay ko at tinatakpan ang muka nya.

**"Kulit naman eh..."**

**"Hayaan mo na kasi... Gagaling din yan kahit hindi lagyan ng alcohol."**

*Pfffttt... Takot ka lang kamo sa alcohol.*

**"Ikaw bahala..."** Sabi ko at ibinaba yung bimpo.

Sandali syang pumikit at para'ng nakiramdam sa paligid. Alam ko kapag natalo ang lalaki sa laban, tapak sa ego nila. Siguro nasaktan sya sa nangyari.

Ginawa naman nya yung makakaya nya. Sadyang malakas lang sa kanya si Keifer o baka naman nandaya.

**"Pwede favor?"** Biglang sabi nya.

**"Anu yun?"**

**"Pwede'ng tulungan mo ko magbihis."** Sabi nya at dahan daha'ng tumayo.

Kinuha ko yung sando nya at isinuot sa kanya. Kahit dahan-dahanin ko nasasaktan pa rin sya dahil sa mga natamo nya sa katawan.

Sinunod ko yung Polo nya. Pagkatapos nun pinilit nyang lumakad palabas ng room. Sumunod ako sa kanya para alalayan sya pero tinabig lang nya ko.

May point naman sya. Yung natitirang dignidad nya mawawala kapag tinulungan ko sya.

Kaya hinayaan ko nalang sya at nakasunod lang ako.

Medyo madilim na at halos wala ng istudyante sa school. Ayos yun para wala'ng masyado'ng makakita sa kanya.

Hinayaan ko muna syang maka-sakay ng Taxi bago ako umuwi. Dahil madilim na at obvious naman na wala na si Aries kumag mag-aabang nalang din ako.

Naka-uwi naman ako sa bahay ng maayos, wala si Kuya kaya pala malakas ang loob ni Aries na iwan ako. Sa sobrang pagod ko, nakatulog na kagad ako ng hindi naghahapunan.

*Kinabukasan....*

Hindi pumasok si David. Baka nagpapahinga pa rin. Pero ang Keifer ganadong ganado sa buhay. Todo smile pa ang lintik.

*Kitilin ko buhay mo jan ih!*

Vacant kami ng two hours. Nasa meeting daw ang mga teacher. Kaya eto ang drama ko, naka-tanga sa kawalan.

Biglang naupo sa Keifer sa bangko sa harapan ko. Nakaharap sya sakin at nakangiti.

**"Kailangan mo?"** Mataray na tanung ko sa kanya.

**"Bakit hindi ka sumama sa celebration namin kahapon?"** Tanung nya.

Nanadya ba to? Hindi ba obvious na natalo yung manok ko at wala akong balak magpaka-balimbing.

**"Ayaw ko lang..."**

Tumango-tango sya. **"Sayang.. hindi mo nakita kung panu kami mag-party. Daming nainom ni Ci-N and we----"**

**"Pinainom nyo si Ci-N?!"** Hindi makapaniwala kong tanung.

**"Yeah.. why?"**

**"Why? Why ba kamo?! Baka 14 lang yun at pina-inom nyo!"**

*Aba!*

**"Tss. So? I was 10 when I had my first drink."**

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Ikaw yun! Hindi sya! Wag mo nga syang igaya sayo!"**

Nilingon ko si Ci-N sa kinauupuan nya. Nakadukdok lang sya mula kanina at mukang my hang-over pa.

**"Walang pagkakaiba samin ni Ci-N kaya okay lang--San ka pupunta?"**

Mabilis akong lumakad palayo sa pesteng Keifer na yun. Nang-iinis talaga sya! Ang bata pa ni Ci-N para uminom. Ako nga 16 na nung nakatikim ng alak tapos napilitan pa, kailangan ko ng lakas ng loob nung oras na yon.

Dumiretso muna ko sa pinaka-malapit na CR. Kaylangan ko maghilamos para malamigan. Baka biglang kumulo yung dugo ko dahil sa lalaki na yun.

Walang tao sa loob ng CR, kaya solo ko at pwede akong mag-drama. *Joke!*

*Wala bang multo dito?*

Naghimalos muna ko gaya ng gusto ko'ng gawin. Nakailang hilamos din ako ng tubig sa muka. Ang lamig kasi, sarap sa pakiramdam.

*Pwede kayang maligo dito?*

Pinunasan ko yung muka ko ng tissue at pumasok sa cubicle. Maglalabas na rin ako ng likido bago ako magka-impeksyon.

Tahimik akong umiihi ng may biglang pumasok na grupo ng kababaihan sa CR. Maingay sila at nagtatawanan.

**"Bagay ba sakin?"** Tanung nung isang babae na feeling ko ay saksakan ng arte dahil sa boses nya.

**"Oo.. pero mas bagay kung hindi mo suot. Hahaha"** sagot naman ng isa pang babae na mukang mas maarte pa sa nauna.

**"Mica! Bakit ang tahimik mo?"** Tanung ng isa pang babae.

*Mica?*

**"Wala----"**

**"Kasi nilapitan sya ni Calix."**

**"Na naman?!"**

Patuloy lang ako sa pakikinig sa kanila. Ayokong lumabas at iba ang pakiramdam ko. Malamang sa hindi mapag-tripan ako dito.

**"Girls! Nakita nyo naba yung Jay-jay? Yung transferee"** May isa sa kanilang biglang nagtanung.

Mainam pala yung hindi ko pag-alis dito sa cubicle. Makakarinig ako ng tsismis tungkol sakin.

**"Yeah... Hindi naman pala maganda kagaya ng description ni Kiko."**

*Ako? Hindi maganda? Excuse me!!*

**"Watch your word... Pinsan pa rin sya ni Papa Aries."**

*Yeah.. Wash your word!*

**"Don't call him Papa... Remember kay Ella na sya."**

*Ella? Bakit parang pamilyar----*

**"Si Ella'ng malandi! Lahat nalang ng famous sa school natin nilandi! Pati si Keifer ng Section E."**

*Holy cow carabao! Hindi kaya si Aries yung....*

**"Balita ko nga pati si Yuri nilandi din nya."**

*Tang'na this! Napaka-lupit nitong nasasagap kong balita.*

**"Hindi rin pala nalalayo yung Jay-jay sa kanya. Balita ko, sinusuhulan nya ng pagkain ang Section E at lagi syang nakadikit kay Ci-N. Malandi!"**

*What the... Bakit ako naging malandi?! Paki-explain gagu!*

**"Hindi na nga maganda, malandi pa!"**

Okay! Napupuno na ko!

Inayos ko na yung sarili ko at pinindot yung flash. Ramdam ko ang pagtahimik nila at pag-aabang sa lalabas sa cubicle.

Lumabas ako na parang wala'ng narinig. Naghugas ng kamay at tinignan ang reflection ko sa salamin pero nauwi yun sa pagtingin sa kanila. Apat silang lahat.

Coloring book ata ang mga muka nila. Tadtad ng pangulay, nangangapal sa make up at ang pupula ng labi liban sa isa. Mukang may nasalit na naiiba. *Syang nagsabi ng kwak kwak!*

Titig na titig sila sa reflection ko. Halatang naghihintay ng sasabihin or gagawin ko. Habang busy sila sa pagtitig sa ganda ko, nagiipon na ko ng tubig sa kamay ko.

**"Sino nga ulit hindi maganda?"** Tanong ko sa kanila.

Walang sumagot kaya naman agad kong hinagis sa kanila yung tubig na naipon sa kamay ko.

**"Aarrrggghhh!!!...."**

Malakas ang naging sigawan nila at naguguluhan kung anung unang gagawin. Nakakuha ako ng pagkakataon at mabilis na tumakbo palabas ng CR.

**"Hoy! Bumalik ka dito!"** Dinig ko sigaw ng isa sa kanila.

*Anu ako tanga?! Bakit ako babalik?!*

Liliko na sana ko para mabilis makabalik sa building namin pero napatigil ako. Andun si Aries at mga classmate nya. Naka-tambay at nagtatawanan.

**"Jay.."** tawag sakin ni Kiko.

*Pasensya na. Hindi kita mababati!*

**"Hoy! Impakta ka!"** Sigaw nung isa sa babae.

Bumalik ako sa pagtakbo. Ibang ruta ang gagamitin ko para makalayo sa kanila.

Sa building ng ibang Year Level ako dumaan pero hangang don nakasunod pa rin sila.

**"Huminto ka!"** Sigaw nila.

Nakarating ako sa building namin at mabilis na tumakbo sa room namin. Medyo nagulat pa yung iba sa pagpasok ko. Dumukdok ako agad sa upuan. *Sana hindi ako makita?*

Kayalang mukang walang saysay yun.

**"Asan sya?!"** Galit na tanung nung isa sa kanila.

**"Sino?"** Sagot naman ng ulupong kong kaklase.

*Wag mo ko ituro! Gago ka!*

**"Yung Jay-jay! Ilabas nyo sya!"**

**"Bakit muna?"**

**"May kasalanan sya samin."**

**"Ayun oh! Nakadukdok."**

*Tung'nu!* Ang bait ng classmate ko na to! Makilala lang kita, yari ka sakin.

Umayos ako ng upo at tumingin sa pintuan kung saan andun ang mga babaeng humabol sakin. Andun din yung classmate kong tumuro sakin. Si Kit!

Masama ang tingin nung mga babae sakin. Nakaka-amoy rin ako ng gulo.

*Yari ka Jay!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 19

**Punish**

***Jay-jay's POV***

Hindi ako gumagalaw sa kinauupuan ko. Nakatingin lang ako sa kanila.

**"Lumabas ka dito!"** Sigaw nung pinaka-maarte at mukang leader sa kanila.

**"Ang kapal ng muka mo!"** Sabi naman nung sunod na maarte.

**"How dare you?!"** Galit na sabi nung huli sa maarte.

Kulang sila. Wala yung naiiba. Apat sila kanina tatlo nalang ngayon. Kala naman nila lalabas ako.

**"Pasukin nyo nalang kaya..."** Suggestion ni Kit.

*Yari talaga sakin to!*

**"Eeww.. No way! Your room is full of dirt and bacteria."** Sagot nung leader.

Kaya pala pinapalabas akong pilit. *Ayoko nga, bakit ako*---

May humawak sa braso ko at pilit akong kinaladkad palabas.

**"Harapin mo yung gulo'ng pinasok mo."** Sabi ni Keifer.

Dire-diretso kami sa labas kaya naman lumapad ang ngiti nung tatlong coloring book.

**"You! You're so makapal!"** Sabi nung leader nila habang naniningkit yung mata sakin.

**"Kailangan nyo yun... Para sa mga muka nyo."** Sabi ko na parang nag-aalala talaga para sa kanila.

Dinig ko yung tawa ni Kit na pinilit nyang itinatago. Mabilis syang nakakuha ng matalim na titig galing sa tatlo.

**"You come with us!"** Sabi ulit nung leader at hinawakan ako sa braso.

Ang higpit ng hawak nya feeling ko bumabaon yung kuko nya. Kasalanan to ni Keifer. Sana hinayaan nalang nya ko sa loob.

**"Aray! Masakit!"** Reklamo ko habang nagpupumiglas.

**"Mas lalo kang masasaktan mamaya!"** Sabi nung sunod na pinaka-maarte.

Napalingon ako sa likod at nakitang sumusunod ang Section E. Aba! Mukang balak pa nila manuod sa gagawing eksena ng mga coloring book sakin.

Huminto kami sa harap nila Aries. Hala! Lagot!

Pilit kong inalis yung kamay nung leader ng coloring book sa braso ko pero lalo nila hinihigpitan at bumabaon talaga yung kuko nya.

*Masakit!*

**"Classmates!"** Panimula nung Leader na umagaw ng atensyon ng lahat.

Nakatingin na sila samin. Masama na rin ang tingin sakin ni Aries. Lumingon ako sa likod at nakita kong nanunuod nga talaga ang Section E.

*Lagot ka Jay!*

**"Etong babae na to!"** Sabi nung leader ng coloring book habang nakaturo sakin. **"..Binastos kami sa loob ng CR. Ako! Ako si Freya Hindalgo!**

**Nilapastangan nitong babae na to!"** Bigla nya kong dinuro sa ulo. Halos mabali yung leeg ko at feeling ko bumaon yung kuko nya sa anit ko.

**"Aray ah!"** Reklamo ko sa kanya habang nakahawak sa ulo ko.

**"Bagay lang sayo yan! Hindi mo kami ginalang!"** Sigaw nung ikalawa sa pinaka-maarte.

*Ikaw na ngayon si Canvas-1!*

**"Oo nga... Hindi mo ba kami kilala?"** Dagdag nung huli sa pinaka-maarte.

*Ikaw si Canvas-2!*

Tadtad kasi ng make-up yung muka. Daig pa painting sa museum.

Umarte akong parang nag-iisip kahit ang totoo hindi naman talaga.

**"Hindi."** Mabilis kong sagot.

Napaka-hawak sa dibdib yung leader nila na Freya pala yung pangalan at umarte'ng parang nasasaktan. Nakita ko si Kiko na tumawa pero si Aries masama pa rin ang tingin sakin.

**"Kaya pala ang kapal mong bastusin kami..."** Sabi nung Freya at umarteng ngpupunas ng luha. Bumaling sya sa mga classmate nya. **"...Section A. Tignan nyo sya! Tignan nyo ang babaeng walang galang na yan!"**

Section A din pala sya. Hindi halata.

**"Pwede na ba kong bumalik sa room?"** Inosente kong tanung.

Muka na kasi kaming tanga dito. Wala namang saysay yung eksena'ng ginawa nila sakin.

**"Hindi! You'll stay here!"** Sigaw nung Freya.

**"You should be punish! Binastos mo ang Queen Bee!"** Dagdag ni Canvas-1.

**"Eh?"**

**"Freya! Before you punish her, i think you should know who she is."** Singit ni Kiko.

*Wew.* Kala ko magpapakabayani sya at tutulungan ako. Kilala na nila ko!

**"And so? Sino ba sya? Transferee lang naman sya dito."** Mataray na sagot nung Canvas-2 habang umiirap.

*Ganda! Irap pa more!*

**"She's my cousin."** Boring na sabi ni Aries.

*Shit! Eto naba yung moment na tutulungan ako ni Aries? Proud naba sya na ipagsigawan na pinsan nya ko?*

**"..but that doesn't mean na may immunity sya sa ipaparusa nyo."** Dagdag nya.

*Wow! Wow nalang!*

Kala ko ba naman, ipagtatanggol nya ko at sasabihi'ng '*pinsan ko sya, kaya hayaan nyo nalang*'. Syempre hindi mangyayari yun pero umasa pa rin ako.

**"OMG! Kita nyo yun girls? Kahit pinsan sya ni Aries, walang use yun."** Maarte'ng sabi Freya.

Bikwasan ko kaya to? Nakaka-irita na yung muka nakaka-irita pa yung pagsasalita.

Sabi nila kung hindi ka maganda magpaka-bait ka naman. Bakit tong mga to? Hindi na nga maganda hindi pa mabait.

**"Girls?"** Sabi ni Freya at umalis si Canvas-2.

Pumunta sya sa hindi ko alam na lugar pero bumalik syang may hawak na timba na may lamang maduming tubig. Mukang tubig pang-map.

**"Jay-jay... Gusto kong ipaliwanag sayo ang sistema dito sa HVIS. First thing you should know, ang Section A is the royalty Section we get all the privileged here. Syempre kami ang pinaka-magaling sa lahat ng bagay. Kaya naman ang PANG-BABASTOS SAMIN ay malaking pagkakamali."** Paliwanag ni Freya.

*Shoooot! Mukang katapusan ko na.*

**"..at dahil andito na ang ibang Section, hayaan mong ipakilala ko sila sayo."** Dagdag nya pa. Dun ko lang napansin na pati nga ibang Section ay nakapaligid samin. Nakita ko si Rakki na may pag-aalala sa muka.
**"..Section B, they are known for being '*MASIPAG*'. Masipag sa lahat ng bagay. Banggain mo sila at sisipagin karin. Sisigapin ka ring takbuhan sila sa pang-bubully sayo."**

Nakita kong ngumiti at nag-high five ang isang grupo ng istudyante. Mukang sila ang Section B.

**"..Section C. Wala akong masabi sa Section nila. Mababait kasi sila, mababait sila sa mga taong mabait din sa kanila. But try to treat them like a bitch, you'll encounter HELL."**

Tumingin ako kila Rakki pero hindi ko makita'ng proud sila sa sinabi ni Freya. Para sakin mabait naman talaga sila kahit nakakahiya yung first meet namin.

**"..Section D. Actually ang D is almost the same with E. Yun nga lang may pag-asa pa sila sa buhay. May pag-asang umunlad. And i like D because they follow Section A."** Sabay kindat sa isang grupo ng mga istudyante.

In other words, taga-sunod ng A ang D. Wow! Wow lang ah! Para namang may paki-alam ako sa mga sinabi nya. Wala naman akong balak makipag-kaibigan sa kanila. Nag-sayang lang sya ng laway sa pagpapaliwanag.

**"You understand everything that i said. Right?"** Tanung sakin ni Freya.

Tipid na tango lang ang binigay ko sa kanya.

**"You forgot something Freya.."** Sabi ni Aries habang naka-cross arm.

**"Oh yeah... Thank you for reminding me Aries."** Muling humarap sakin si Freya. **".. Section E..."**

Ramdam ko yung presensya ng Section E dagdag pa yung mabigat na awra. Mukang magkakaroon ng gulo.

**"...Section mo yun kaya dapat tandaan mo. Latak sa lipunan ang Section na yun, school board don't even consider that Section anymore. Bagay na bagay ka dun, lapastangan ka rin kasi kagaya nila. Pala-away, walang galang, walang patutunguhan sa buhay at ayaw magpatalo sa laban."**

Hindi pa paiksiin na Section E ang pinaka-walang kwenta sa lahat. Mayabang tong babae na to palibhasa nasa Section A sya. Anu nga sya uli? Queen Bee?

*Reyna ng bubuyog?*

Kaya pala ang ingay nya. Parang bubuyog na buzz ng buzz sa pandinig ko.

**"Told you so... She really fit on that Section."** Dinig kong sabi ni Aries.

Nagkuyom ang kamao ko. Hindi ako naiinis dahil sa sinabi ni Aries. Naiinis ako dahil napapahiya ang Section E sa iba. Oo, alam na nila yun matagal na, pero iba pa rin pala kapag naririnig mo ng harapan lalu na't kabilang na ko sa kanila.

**"Tapos ka na ba?"** Tanung ko kay Freya.

Nahihirapan ako'ng magpigil. Pakiramdam ko, masasaktan ko sya ng wala sa oras.

**"Yeah..."** Ngumiti sya at muling humarap sa ibang students. **"...Ayoko namang masabihan ng masama ang ugali, kaya bibigyan kita ng Deal."**

Narinig kong tumawa yung dalawang Canvas.

**"Hindi kita ipapahiya, basta lumuhod ka at humingi ng tawad sakin."**

*Hindi ba't mapapahiya rin ako kapag ginawa ko yun?*

"*Yun lang...*"

"*Ang dali naman nun Freya!*"

"*Masyado'ng madali yun!*"

Sigaw ng mga classmate ni Freya. Madali? Bakit hindi kayo yung gumawa?

**"Oo nga.. Tama sila. Uhmmm... Okay, luluhod ka and you'll say *Sorry* then kiss my shoe and also.."**

Aba! Kakahiya naman, sobra-sobra ng kahihiyan yun.

**"That's enough Freya.."** Sabi ni Kiko.

Halata sa kanya'ng hindi sya masaya sa ginagawa ni Freya.

*Concern ka sakin? Ayyiieeeehhhh!*

Yun nga lang hindi ito ang time para kiligin ako. Naba-badtrip ako sa pagmumuka ng babaeng to.

**"Hmmm... Okay! If you said so. *Babe*."** Sagot ni Freya kay Kiko.

*Babe? Babe?! BABE?!*

Nasasaktan ang damdamin ko. Charot lang pero syempre crush ko pa din si Kiko kaya medyo na-hurt ako dun.

**"So Jay-jay... What can you say?"**

*Fvck you! Is what i can say!*

**"Kung hindi ko gawin yung gusto mo?"** Tanung ko.

**"I don't know.. maybe you'll suffer from our punishment?"** Patanung nyang sagot pero obvious naman na umaarte lang sya.

*Tss. Pabebe!*

Napatingin ako kay Canvas-2 meron syang nilalagay sa timbang kinuha nya kanina. Hindi ko nakita kung anu yun pero hindi ko gustong malapit dun.

Anu gagawin ko? Panu ko lulusot dito sa kalokoha'ng pinasok ko? T_T

*OceanofPDF.com*

# Chapter 20

**Sorry**

***Jay-jay's POV***

Pwede bang ibalik yung oras? Sana pala hindi na ko lumabas ng cubicle kanina o kaya hindi na ko nag-cr para hindi ko na-encounter tong mga coloring book na to.

Panibagong problema tong mga to. Ang sakit sa ulo!

**"Anu pang hinihintay mo Jay? Luhod na.."** sabi ni Freya habang nakangiti sakin.

**"A-ayoko."** Sagot ko sa kanya at agad na nagbago ang mood nya.

**"What?! Anung ayaw mo?!"** Galit na sabi nya habang nagpapapadyak.

**"Jay... Just do what she said."** Utos ni Aries.

Huminga ako ng malalim. Nakaka-irita sila. Silang lahat na nakapaligid sakin. Para bang kaligayahan nila ang kahihiyan ng iba.

Yung mga ganito'ng tao yung masarap patikimin ng sarili nilang gamot. Yung kasabihan sa US na '*Taste of there own medicine*'. Basta sinasabi nila yun kapag binabalik nila yung lakokohan nung tao sa gumawa.

**"Okay..."** Sagot ko na ikinangiti ni Freya ng husto.

*Dagdagan ko kaya ng kulay yung muka nito gamit ang kamao ko. Makakangiti pa kaya sya?*

**"Anu pang hinihintay mo? Luhod na!"** Sabi ni Freya.

Excited lang? Hindi makapaghintay? Huminga muna ko ulit ng malalim. Mga ilang ulit ko ding ginawa yun.

Totoo'ng lagi akong nakikipag-away dati. Ewan ko, feeling ko mawawala yung galit na nararamdaman ko kapag nasaktan ko sila.

Pero kung meron man akong natutunan sa pakikipag-away ko, yun ay labanan ang dapat labanan at wag pag-aksayahan ng oras ang hindi dapat nilalabanan.

Sa sitwasyon ko ngayon, mas gusto kong lumaban kahit hindi na dapat patulan ang mga kagaya ni Freya.

**"Gagawin ko yung gusto mo pero bago yun, hindi ba dapat mag-sorry ka muna."** Sabi ko habang seryosong nakatingin kay Freya.

Bahagya syang tumawa. **"Kanino? Sayo? Why would i?"**

**"Hindi sakin... Anu nga ulit pangalan nun?... Tss. Yun! Ella."**

Bigla'ng naging seryoso ang muka ni Freya at ganun din ang dalawang Canvas na kasama nya.

Hindi lang away na suntukan ang alam kong gawin. Marunong din akong lumaban sa ibang paraan.

Biglang naging interado si Aries at bahagya'ng lumapit samin. Malinaw sakin na girlfriend nya si Ella kaya alam kong may chance na maki-alam sya.

**"Kay Ella?"** Tanung ni Aries at tumingin kay Freya bago ibalik ang tingin sakin.

**"Bakit sakin?"** May mahinhing boses na nagsalita.

Pare-pareho kaming napatingin dun at bumungad sakin ang babaeng kaakbay ni Aries dati, yung mukang Koreana. *Sya yung Ella?* Nagbago na isip ko, gusto ko na pala syang makilala. Mas maganda sya sa malapitan.

**"W-what are you talking about? B-bakit ako mag-sorry kay Ella? Wala naman ako'ng ginawa sa kanya."** Tarantang tanung ni Freya.

**"Pero sinabi nyo kanina sa CR, *'Si Ella'ng malandi, lahat nalang ng famous sa school nilandi'*. Narinig ko sa inyo yun."**

Natigilan si Freya sa sinabi ko. Halata rin ang takot nya. *Bull's eye!*

Nagkuyom ang kamao ni Aries kasabay ng pagsalubong ng kilay nito at pagtitig ng masama kay Freya.

**"W-what? No! Wag ka nga gumawa ng kwento! Hindi namin sinabi yun..."** Humarap sya kay Ella. **"..Maniwala ka samin! Gumagawa lang ng kwento yang babae na yan! Diba girls?"** Tanung ni Freya sa mga kasama nya'ng Canvas.

**"O-oo... T-totoo yung sinabi ni Freya."** Pilit na sagot nung dalawa.

**"See... Gumagawa lang ng kwento ang babae'ng yan!"** Muling humarap sakin si Freya at nanlilisik na yung mata. **"..Wag ka nga'ng gumawa ng kwento! Gusto mo lang makaligtas sa pinapagawa namin sayo!"**

Napataas ang isang kilay ko sa sinabi nya. Hindi yata nakaka-intindi ng instruction tong babae na to.

**"Bakit ko ililigtas yung sarili ko sa pag-gawa ng kwento? At kung hindi mo naiintindihan, lilinawin ko sayo. Handa akong lumuhod, halikan yang sapatos mo at mag-sorry sayo kung magso-sorry ka muna kay Ella dahil sa mga pinagsasabi nyo tungkol sa kanya."** Paliwanag ko.

In short, hindi ko nililigtas ang sarili ko. Gusto ko lang maging patas yung paghingi ko ng sorry. Pare-pareho kaming may ginawa'ng mali sa loob ng CR. Tsaka parang unfair sakin dahil binasa ko lang naman sila ng tubig.

Lumapit si Aries kay Freya at mahigpit na hinawakan ang kwelyo nito.

**"Tinawag mong malandi si Ella?!"** Galit na tanung ni Aries.

Kita kong pangingilid ng luha ni Freya. Sa takot na rin siguro kay Aries. Hindi ko pa nakikita'ng magalit si Aries pero dahil magkapatid sila ni Kuya Angelo malamang pareho sila.

**"H-hindi... Maniwala ka samin Aries. Hindi namin sinabi yun."** Mahinahong sabi ni Freya at may halong paki-usap.

Medyo naaawa na rin ako sa kanya pero naumpisan ko na. Masama na yung ginawa ko sa masama pero naunahan na ko ng inis sa kanila. Ayoko mang may mangyari'ng hindi maganda sakanila kailangan din nilang madala.

**"Sayo pa talaga nang-galing yun! Anu'ng karapatan mong husgahan si Ella?!"** Galit na sabi ni Aries.

Sa itsura ni Aries halatang napaka-laki ng galit nya kay Freya. Napaka-protective din ng dating nya kay Ella.

*Bakit parang nakaka-inggit?*

**"Aries!"** Biglang sumigaw yung Canvas-1. **"Makinig ka.. Pwede'ng narinig nga ni Jay-jay yun mga sinabi nya sa CR pero hindi kami ang nagsabi nun?"**

Lahat nakatingin na ngayon kay Canvas-1. *Ha?!* Anung gusto nyang sabihin? Eh sila-sila yung nasa CR. Alangan naman na galing sa tao sa labas yun.

**"Gina-gago nyo----"**

**"Hindi naman nakita ni Jay-jay yung nagsalita diba? Narinig lang nya."** Dagdag nung Canvas-1.

Anung gusto nila'ng sabihin? Kakapasok lang nila sa CR nung lumabas ako ng cubicle? Imposible!

Parang nagkaroon ng ideya si Freya. **"Totoo yun. Nasa loob sya ng cubicle nung may nagsabi nun."**

Binitiwan sya ni Aries. Halata'ng lalu syang nainis sa ginagawa nung mga coloring book.

**"Kung hindi kayo ang nagsabi nun, sino?! SINO?!"** Galit na sigaw ni Aries.

Kahit ibang Section halatang natatakot din sa kanya.

**"Si Mica... Sya ang may sabi nun."** Sabi ni Canvas-1.

Lahat sila tumingin sa katabi ni Ella. Sya nga yung kasama nila Freya kanina yung naiiba. May halong pagtataka at takot ang itsura nya.

**"H-ha?"** Sagot nya.

**"Totoo yun.. sya yung nagsabi nun habang nagku-kwentuhan kami kanina sa CR."** Paliwanag ni Freya.

Totoong magkakasama sila pero parang imposible na sya yun.

Hinawakan ng dalawang lalaki yung Mica at dinala sa harap ni Aries. Nakita kong ngumiti si Freya sa dalawang Canvas na kasama nya.

**"Sinabi mo yun?"** Mahinahong tanung ni Aries.

**"H-hindi..."**

Hindi talaga. Malumanay ang boses nung Mica, hindi ko nga narinig ang boses nya sa loob eh.

**"Sya talaga yun Aries. Kasama namin sya sa CR.."** Humarap sakin si Freya. **"..Nakita mo din sya sa loob diba?"**

**"Oo.. pero----"**

**"See? It's her not us!"** Mataray na sabi ni Freya.

**"Oo nga pero hindi----"**

**"Sya dapat ang parusahan!"** Sigaw ni Canvas-1.

**"Teka nga! Hindi ko----"**

**"Oo nga.. parusahan na yan!"** Dagdag ni Canvas-2.

*Pakshet! Pagsalitain nyo ko!*

Lalapit na sana ko kay Aries para magpaliwanag pero bumagsak yung isang lalaki'ng may hawak kay Mica at nasundan pa nung isa.

*Si Calix!*

Agad nyang niyakap si Mica. **"Wala'ng pwede'ng manakit sa kanya! Dadaan muna kayo sakin!"**

Pinilit nagpumiglas ni Mica pero mahigpit ang yakap sa kanya ni Calix.

**"Wag kang maki-alam dito!"** Sigaw ni Aries sa kanya.

Naalarma din ang ibang Section A. Napatingin ako sa Section E at nakita kong lumapit si Keifer kay Calix. Sinundan sya ni Felix, Kit at dalawa pa.

**"Basta gulo ang hilig nyong makisali no?!"** Mayabang na sabi ni Aries.

Okay... Hindi na kailanga'ng pakiramdaman. Mauuwi lahat to sa away! Wala bang aawat sa kanila. Guard! Security! Teacher! Kahit sino?!

**"Section E nga kami diba? Wala'ng sinusukuang laban."** Sabi ni Felix.

**"At wala ring iwanan."** Dagdag ni Kit.

Ramdam ko yung tensyon sa pagitan nila. Isama pang lumapit na rin yung ibang Section A sa tabi ni Aries.

*Putik yan!*

Lalapit na sana ko para maki-awat pero bigla'ng may humatak ng buhok ko.

**"Aray! Anu ba?!"**

**"This is all your fault!"** Sigaw ni Freya habang patuloy sa pagsabunot sakin.

**"Anung ako?! Kayo kaya----"** Malakas na sampal ang nagpatigil sa'kin.

Pakiramdam ko namanhid ang pisngi ko sa sakit. Hindi na kaylangang itanong kung sino gumawa non. Obvious naman na si Freya.

*Wag kang makikipag-away! Hindi dapat patulan yan!*

Tama! Hindi na dapat----aaaarrrggghhhh!! Nakakagigil ang pagmumuka nya!

Gumanti ako ng sampal dahilan para bumagsak si Freya sa lupa.

*La! Napalakas yata!*

Ramdam ko ang pag-tigil ng lahat at pagtitig sa'min. Bigla nalang umiyak si Freya at nagumpisa na ring mamula ang pisngi nya.

**"Ang kapal ng muka mong gawin 'yon kay Freya!"** Sigaw ni Canvas-2.

Akala ko susugurin ako nung dalawang Canvas pero laking gulat ko ng makita'ng hawak nila yung timba at ihahagis ang laman sakin.

Huli na para tumakbo ako, huli na rin para umiwas. Tanging pagtakip na lang sa muka ko gamit ang mga braso ko ang ginawa ko.

Hinintay kong mabasa ako pero sa halip na tubig, mainit na katawan ang tumama sakin. May yumakap sakin. Saktong pagtingin ko kung sino yun ay ang tilamsik ng tubig sa timba na tumama sa yumakap sakin.

*David?*

Tinignan nya ko. **"Quits na tayo."** yun nalang ang nasabi nya at bigla nalang syang bumagsak sakin.

Pinilit kong pigilan ang pagbagsak nya at napahawak ako sa likod nya. Bukod sa basa, malagkit ito at parang putik meron ding gumagalaw.

Napaupo ako sa sahig dahil sa bigat nya. Dun ko lang din nagawang tignan ang likod nya. Puro putik at.... BULATE!!

Yun pala yung nilagay ni Canvas-2 sa timba. *Yuck! Eeiihhh!*

Pero hindi yun ang inaalala ko. Walang malay si David! Ang init din nya.

Anung gagawin ko? Tumingin ako sa Section E para humingi ng tulong pero busy sila sa panunuod ng away. Nagsusuntukan na si Aries at Keifer.

Anu ba? Wala bang tutulong samin?

*OceanofPDF.com*

# Chapter 21

**Clinic**

***Jay-jay's POV***

Para kaming La Pieta dito ni David! Charot lang. Wala kasi talaga'ng tumutulong samin. Sumigaw na rin ako para magpatulong pero lahat ng studyante naka-tutok sa nagsusuntukan.

Wala man lang Guard na umaawat sa kanila at wala man lang talaga'ng gusto'ng tumulong sakin. *Nakuh naman!*

Hangang sa lumapit samin si Kiko at sapilita'ng binuhat si David kahit puro putik.

**"Sa Clinic!"** Sigaw nya sakin at sumunod naman ako sa kanila.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Ci-N's POV***

Pakiramdam ko nanaginip ako. O baka naman nagha-hallucinate na ko dahil sa hangover.

Wala'ng tao sa room at ang tahimik ng paligid. Pero andito yung gamit nung iba.

*Baka may pinuntahan lang.*

Sobrang sakit ng ulo ko feeling ko binibiyak. Hindi rin pala ako naka-inom ng gamot kanina bago pumasok.

Pinilit kong tumayo at maglakad papuntang Clinic. Sure naman akong may gamot sila para sa sakit ng ulo.

Pagdating dun nakita ko yung nurse na may inaasikasong studyante sa isa sa mga kama. *Si David?*

Wala syang pang-itaas na damit pero nilagyan sya ng bimpo sa noo. Tapos kinumutan ng nurse.

**"May kailangan ka?"** Tanung sakin nung Nurse.

**"Hihingi po sana akong gamot sa sakit ng ulo."** sabi ko.

**"Sige.. maupo ka muna don. Tatapusin ko lang to."** Sabi nung sabay turo sa bangko malapit sa table nya.

Tumango lang ako at naglakad na palapit dun. Pagka-upo, napansin ko agad na may gumagalaw sa likod ng malaking cabinet na puno ng gamot.

Lumapit ako para tignan pero napahinto ako sa eksena'ng nakita ko. Si Keifer naka-boxer lang at nagsusuot ng pants. Si Jay-jay nakatalikod kay Keifer pero kita bra at nagsusuot ng t-shirt.

O_O... *Anung ginawa nila? Bakit pareho sila'ng nakahubad? Nasa tagong lugar pa sila.*

Bumalik ako sa upuan. Pakiramdam ko lalo'ng sumakit yung ulo ko sa nakita ko.

Hindi kaya ginawa na nila yung ano... Aarrggghhhh... Hindi ganun si Jay-jay. Hindi rin sila magSyota para gawin----

**"Hubarin mo na kasi!"** Sigaw ni Keifer.

*Anung huhubarin? Humahabol ba ng round two si Keifer?*

**"Nalagyan oh!"** Dagdag pa nito.

*Nalagyan ng anu?*

Medyo humina yung boses nila kaya hindi ko na narinig pero parang nag-aaway sila.

**"Patingin sabi!"** Sigaw ulit ni Keifer.

*Patingin ng anu?*

**"Tsk! Panu ko makikita ng maayos yan?! Likot likot mo!"** Sigaw ulit ni Keifer.

*Malikot?*

**"Wag na nga!"** Sigaw ni Jay-jay.

*Sige! Tumangi ka Jay-jay!*

**"Patingin lang!"** Sigaw na naman ni Keifer

*Anu ba yan? Bakit pilit tinitignan?*

**"Pag-nahawakan ko yan, punit sakin yan!"** Galit na sigaw ni Keifer.

*My gudness! Pinipilit ni Keifer si Jay-jay! Napaka-agresibo naman ni Keifer!*

**"Wag na nga kasi!"** Galit na sigaw ni Jay-jay.

*Lumaban ka Jay! Wag ka papayag sa gusto ni Keifer.*

Humina na naman ang boses nila. May-maya lang ay manirig akong bumukas na pinto tapos nag-usap na naman sila.

**"Masyado'ng basa!"** Sabi Jay-jay.

*Jusme! Anung basa?!*

**"Mas okay yung basa!"** Sagot ni Keifer.

o_O.. *basa ang alin?*

**"Umayos ka naman ng posisyon! Ako nahihirapan eh!"** Galit na sita ni Keifer.

*Posisyon daw!*

Muli sila'ng tumahimik. Gusto'ng gusto ko tumayo para silipin sila pero nanginginig yung tuhod ko para gawin yun.

**"Ay naku! Basa'ng basa! Muka tuloy akong naihi!"** Galit na sabi ni Jay-jay.

*Basa'ng basa?!*

Anu ba itong mga naririnig ko? Daig ko pa nanuod ng porno. Lalong sumakit ang ulo ko.

Maya-maya ay lumabas na sila Jay-jay at Keifer mula sa likod ng Cabinet. Medyo nagulat pa sila nung nakita ako pero lumapit din sila agad sakin.

**"Ci-N.. Bakit ganyan itsura mo? Para kang nakakita ng multo."** Bungad sakin ni Jay-jay.

*Higit pa sa multo ang nakita ko!*

**"W-wala... M-masama lang pakiramdam ko."** sabi ko at pilit umiiwas ng tingin.

**"Hangover yan! Bakit ka naman ba kasi nag-inom?! Baka, napaka-bata mo pa!"** Sermon nya sakin.

Hangover talaga pero lalung lumala dahil sa mga narinig ko kanina.

**"Na-ingganyo lang.."** sagot ko.

**"Hay naku! Ci-N! Alam mo bang *blah blah blah blah....*"**

Nagumpisa na syang sermunan ako. Pero hindi yun ang kailangan ko. Explanation kung anung ginagawa nyo sa likod ng cabinet, yun ang kailangan ko. T_T

++++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"Next time kung hindi nyo matiis na patulan ang Section E, sa labas ng school nyo gawin. Sige na. Pwede na kayong umalis."** Sermon samin ni Mrs. Reyalidad.

Lumabas na kami nila Mykel. Hayop na Keifer yun, mabilis na nawala sa paningin namin matapos dumating ang mga Guard para awatin kami. Ganun din ang ibang Section E. *Mga duwag!*

Nasa lubong ko si Kiko na puro putik ang damit.

**"Anung nangyari sayo?"** Tanung ko sa kanya.

Nawala na kasi sya kanina ng magkagulo kami. Akala ko tinulungan nya si Freya.

**"Tinulungan ko si Jay-jay na dalin si David sa clinic."** Sagot nya.

**"Kaaway mo tinulungan mo? Nagbago na ba paniniwala mo sa buhay?"**

**"Hindi no! Pogi points yung ginawa ko. Kung hindi nga lang dumating si Keifer sa Clinic baka kung todo *'thank you'* na sakin yung pinsan mo."**

Taka ko syang tinignan. **"Nasa clinic si Keifer?"**

**"Oo.. nag-away pa nga sila ni Jay-jay, nagpahidan pa ng putik. Umalis nalang ako."**

*Tss.* Dun pala sya dumiretso. Anu naman kayang balak nya? Obvious naman na hindi nya kailanga'ng magpa-clinic. Matibay pa sa bato katawan nya.

**"Anu nga palang balak nyo kay Mica? Naniniwala ba kayo kay Freya?"** Singit ni Mykel sa usapan namin.

*Yun pa nga pala.*

**"Mica and Freya are friends, hindi imposibleng sinabi nya talaga yun."**

**"Sinasabi mo bang magka-ugali sila?"** Mykel said.

Hindi naman sa ganun. Alam kong kaibigan din ni Ella si Mica pero hindi ko alam ang tunay na ugali nya.

**"Maybe.. I don't know... Tatlo silang nagsasabi na galing nga daw kay Mica yun."**

**"How about Jay? Pinakinggan mo ba yung sinabi nya?"** Kiko said.

**"She already admitted it. Mica was there with Freya when she heard those hideous words."**

**"I know Mica, parang hindi nya gawain mag back stab."** Kiko said.

Like what i said before, hindi ko alam ang totoong ugali nya.

**"Dahil sa nangyari kanina sure akong babalikan ni Freya yung pinsan mo. Wala kang balak?"** Tanung ni Mykel sakin.

**"Tss. Gulo nya yun, bahala syang harapin yun."** Bored kong sagot.

Mas kailangan kong unahin si Ella at Mica. Hindi man kami sigurado kung sa kanya nanggaling ang mga salitang yun, alam kong nasaktan si Ella.

Isa yun sa mga pinaka-ayokong mangyari ang makita'ng nasasaktan sya. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung wala ako'ng gagawin para sa kanya.

**"Mykel.. Gusto kong makausap ang buong Section A, except kay Mica and Ella. Hindi ko pwedeng palagpasin ang araw na to ng walang ginagawa."**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Bumalik kami ni Ci-N sa room. Nauna na si Keifer kumag kanina kaya dalawa nalang kami ni Ci-N sa clinic. Si David pa pala kaya lang knock out pa rin.

Sobrang taas daw ng lagnat kaya bumigay na yung katawan nya. *Pero pumasok pa rin sya.* Kala ko nung una nag-absent sya pero mukang pinilit nyang pumasok. Pinabalik na kami nung nurse sa klase namin, sya nalang daw bahala kay David.

Feeling ko naaalibadbaran lang sya samin. Ingay ingay ko kasi dun. Hehehe.

Kaya eto kami ni Ci-N at naglalakad malapit sa building ng Section E. Tahimik lang ang Ci-N, siguro kasi masama pa rin yung pakiramdam nya o kaya tinamaan sa sermon ko.

*Haba ng sermon ko!*

Pagpasok sa room parang may nag-wawalang unggoy. Lumilipad kasi sa ere ang mga gamit namin. *La! Bakit?*

Pinilit kong sumiksik sa mga ulupong na nagkukumpulan. Si Calix pala yung nagwawala. Mukang galit na galit sya pero hindi maawat ng mga kapwa nya ulupong.

"*Tama na Calix!*"

"*Pre! Tama na!*"

"*Calix! Huminahon ka!*"

Pahinahon ng pahinahon tapos hindi naman nilalapitan. Anu kaya yun?

Parang ang gaan ng mga gamit kasi lumilipad sa ere. Sumiksik akong pilit para makita yung gamit ko, na sana pala hindi ko ginawa.

Nakita ako ni Calix at tinignan ng masama. Agad syang lumapit sakin at mahigpit na hinawakan ang kwelyo ko.

**"Argh..."**

**"IKAW MAY KASALANAN NITO!"** Sigaw nya sakin.

Halos mabingi ako dun kaya pinilit kong alasin yung kamay nya sa kwelyo ko.

**"Anu ba?! Bitiwan mo nga ako!"** Utos ko habang pilit inaalis ang kamay nya pero lalu lang yun humigpit.

Umaangat na rin ang mga paa ko sa sahig. *Shit!*

**"Calix! Bitiwan mo na yan!"** Sigaw ni Keifer sa kanya.

Pero parang wala na sa sarili si Calix na namumula na ang mata sa galit.

**"Bitiwan mo ko!"**

**"KASALANAN MO TO! Kung hindi mo binangga ang grupo ni Freya hindi mapapahamak si Mica! Hindi sana nya..."** May pumatak na luha mula sa isang mata nya. **"...Hindi sana nya ko uutusan na kalimutan sya."**

Binitiwan nya ko at unti-unti syang napaluhod sa kinatatayuan nya. Kahit hindi nya sabihin, ramdam kong nasasaktan sya. Malalim ang dahilan ng bawat luha ng isang lalaki. Sa palagay ko ang dahilan ng luha nya ay yung Mica.

Ramdam ko din ang pakikisimpatya ng mga kaklase namin. Yun nga lang may mga tao talagang hindi marunong makaramdam at ayaw sa drama.

**"Bakla lang umiiyak pre."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 22

**Alone**

***Jay-jay's POV***

Kala ko may magwawala ulit na unggoy. Luko-luko kasi yung nagsabi nung '*Bakla lang umiiyak pre.*'. Bigla rin namang nagtago nung hinanap nila yung nagsabi nun. *Luko lang!*

Days past at hindi na ko sinasabay ni Aries sa kotse nya. Wala na daw syang paki-alam kung magalit si Kuya Angelo sa kanya. Bahala sya! Sya naman kakagalitan hindi ako.

Pagpasok ko ng room naguusap usap silang lahat. Lumapit ako kay Ci-N.

**"Anung meron?"** Tanung ko.

Ngumiti naman sakin si Ci-N. **"Monthly Assembly."**

**"Anu yun?"**

**"Anu... Yung magre-report yung each class president ng bawat section sa head teacher at principal ng school."**

**"Ahh.. Report tungkol saan?"**

**"Tungkol sa bawat student sa section. Kung may na-suspended ba o kung anu man. Dun na rin sinasabi yung mga hinaing at pangangailangan ng bawat Section sa room nila."**

Pangangailangan? Eh dapat ireport ni Keifer yung room naming mukang bodega at basurahan. Kailangan namin ng malawaka'ng hakutan.

*Tapos hakutin na rin nila si Keifer.*

**"Tara na!"** Dinig kong aya ni Yuri. **"..Baka pag-usapan na naman tayo don kapag nahuli pa tayo."**

Hinarap ko ulit si Ci-N. **"Saan tayo pupunta?"**

Umiwas ng tingin si Ci-N at naghimas ng batok. **"Kasi Jay... Anu... H-hindi---"**

**"Hindi ka kasama."** Pagdugtong ni Keifer sa sinabi ni Ci-N.

*Ha? Bakit?*

**"Wala ka namang gagawin dun kaya dito ka nalang."** Dagdag ni Yuri.

La! Tapos lahat sila palabas ng room. Anu kaya yun?

**"Bakit sila?"** Tanung ko.

**"Gusto nilang sumama."** Bored na sagot ni Keifer.

**"Ako din... Gus----"**

**"Wag na. Hindi ka naman kabilang samin kaya dito ka nalang."** Sagot ni Yuri habang naglalakad palabas ng room.

*Hindi kabilang?* Pero Section E naman ako ah!

Binigyan ako ni Ci-N ng apologetic look bago tuluyang umalis. Mag-isa nalang ako sa room. Bakit ganun? Medyo matagal na ko dito sa Section na to tapos hindi pa rin nila ko tinatanggap. Napaupo nalang ako sa bangkuan ko at dumukdok sa lamesa.

Pero sabi nila nung nagkakagulo nung nakaraan '*At wala ring iwanan.*'. Pero iniwan nila ko.

*Mahirap ba kong tanggapin?*

Ang bigat sa pakiramdam.

Napaangat ang ulo ko ng may maramdaman akong tao'ng pumasok sa room. Tatlong lalaki pero hindi ko sila kaklase.

Nakangiti'ng lumapit sakin yung isa. **"Jasper Jean Mariano?"**

Matipid na tango lang ang binigay ko pero may halong pagtataka. *Sino ba tong mga to?*

Lumapit na rin sakin yung dalawa at laking gulat ko ng sampalin ako ng isa sa kanila.

Sobrang lakas agad akong bumagsak sa sahig. Namanhid din sa sobrang sakit yung pisngi ko. *Tanginik!*

*Mas masakit kaya manampal ang lalaki!*

Napatingin ako sa kanila at mga nagtatawanan pa.

**"Mga pvtang'na nyo! Inaano ko kayo?!"** Galit na tanung ko sa kanila habang pilit tumatayo.

Biglang umiikot sa likod ko yung dalawa at agad akong hinawakan sa magkabilang braso. Pinilit kong lumaban pero masyado silang malakas.

**"Mensahe galing kay Freya!"** Sabi nung kaharap ko.

Bubuka palang sana ang bibig ko para magsalita pero malakas na suntok na sa sikmura ang nakuha ko.

**"Ugh!"** Sigaw ko.

Nayanig ang buong katawan ko. Parang luluwa ang mata at laman loob ko sa ginawa nila. Sobrang sakit!

*Aarrgghhh... Putik!*

Wala akong tigil sa pag-ubo. Akala ko yun na yon pero nasundan pa ng dalawang sunod. Dahilan para mapaluhod ako.

**"Ugghh! Tang'na nyo!"** Pilit na sigaw ko.

*Tama na!*

Sobrang sakit na kasi. Pakiramdam ko nauubos ang lakas ko sa katawan. Naninikip din ang lalamunan ko.

**"Pre! Nakakapagsalita pa!"** Sigaw nung isa habang nakatawa.

Binigyan ulit nya ko ng suntok sa sikmura. Mas malakas sa mga nauna o sadyang bugbog na ang sikmura ko kaya ganun nalang ang sakit. Pakiramdam ko lalabas lahat ng kinain ko.

*Aaarrrggghhhh!! Parang hindi ko na kaya!*

Nasundan pa ulit yun ng hindi ko na mabilang. Sobrang sakit feeling ko nawawala na ko sa sarili. Halos iluwa ko na yung lalamunan ko sa pag-ubo.

*Bakit sakin----uuuggghhhh!*

Hindi ko alam kung ilan pa ang kaya kong tanggapin pero bumibigay na yung katawan ko. Naghahabol na rin ako ng hangin.

*Tang'na! Jay! Lumaban ka!*

Hindi na rin ako makasigaw. Wala na kong lakas. Yung dalawang may hawak nalang sakin ang pilit na nagtatayo sakin.

Tumigil sila sandali at napatingin ako sa kanina pa sumusuntok sakin. Ngayon ko lang na-realize. Section D ang isang to.

**"Anung sabi satin ni Freya?"** Tanung nya dun sa dalawang may hawak sakin.

**"Wag titigil hanga't hindi nagmamaka-awa."** Sagot nung isa.

Maka-awa? Ako? *Pvta! Hindi ko ginagawa yun!*

**"Wala naman sya sinabi na hindi pwede tsumansing diba?"** Muling tanung nung kaharap ko.

Dinig ko yung mahina'ng tawa nung dalawa'ng may hawak sakin. Anung ibig nilang sabihin na *tsumansing*?

Pinilit ulit akong patayuin nung dalawa. Tinanggal nung kaharap ko yung necktie ko. *Ay Pvta!* Nagpumiglas agad ako para makawala sa kanila.

**"Kahit lumaban kapa."** Sabi nung isa sa kanila.

Bigla nalang hinatak ng kaharap ko yung blouse ko dahilan para matanggal ang mga bitones at sumilip ang hindi dapat.

**"Pwede pre!"** Sabi nung isa at nagtawanan silang lahat.

Akmang hahawakan na nung isa yung dibdib ko ng sipain ko sya sa muka. Ginamit ko na yung natitirang lakas na meron ako. Wala na... Bagsak na ang katawan ko.

**"TANG*NA MO KA!"** Sigaw nung kaharap ko.

Agad nya kong nilapitan at tinadyakan sa sikmura. Halos masuka ako sa ginawa nya. Wala na yata sa tamang lugar ang mga organs ko.

*Tama na! Magmaka-awa kana Jay!*

Nabitawan na ko nung dalawang may hawak sakin, bumagsak ako sa sahig pero tuloy pa rin yung isa sa pagsipa sakin.

*Suko na ko!*

Pagod na pagod na yung katawan ko. Nagdidilim na rin yung paningin ko at wala na rin akong maramdaman.

Hangang sa tumigil na sya at lumakad na sila paalis. Naiwan na naman akong mag-isa.

Hugot man pakinggan pero sanay na ko mag-isa. Eto na ata talaga ang nakatadhana sakin. Ang maging mag-isa sa lahat ng laban sa buhay. Wala talaga'ng darating para tulungan ako.

Hindi totoo yung mga prince charming na handang sumuong sa bangin ng kamatayan mailigtas lang ang isang katulad ko. *Baka itulak pa nila ko sa bangin ng kamatayan.*

Kusang tumulo ang mga luha ko. Umiiyak ako hindi dahil masakit. Nagagalit ako sa sarili ko, kasi kaya ko namang lumaban pero hinayaan ko lang sila. Ayoko ng nagpapa-api, hindi na uso yun.

Para akong bata na namamalipit sa sakit ng tyan at umiiyak mag-isa. Hindi ko kaya tumayo, napako na ata ako dito sa sahig.

Narinig ko yung boses ng nga kaklase ko. Mukang padating na sila. Pinunasan ko yung luha ko at gumulong padapa habang hawak nung isang kamay ko yung tyan ko. Wala na kong lakas para tumayo tska nakaluwa din yung kaluluwa ko.

*Kainis!* Sana pala nagsando ako. Hindi nila ko pwedeng makita ng ganito.

**"Jay----JAY!"** Sigaw ni Ci-N at lumapit sakin. **"Ayos ka lang?"** Tanung nya habang pilit ako'ng iniikot.

**"Wag!"** Pagbabawal ko sa kanya. **"..O-okay lang ako. F-feel ko lang mag-planking."** Sabi ko habang nagpilit ng ngiti.

**"Yung totoo? May masakit ba sayo?"** Nag-aalalang tanung ni Ci-N.

Iling lang ang tanging nasagot ko.

**"Anung drama nyan? Pangarap nyang maging basahan?"** Tanung ni Keifer.

Lumapit na rin yung ibang kaklase namin. Wala na kong takas, hindi ako pwedeng ganito habang buhay.

**"Tapakan mo!"** Dinig ko utos ni Yuri.

*Sira-ulo din to eh!*

Naramdaman kong may tumapak sa likod ko at unti-unti'ng bumibigat. Napasinghap nalang ako sa sakit at may pumatak na luha galing sakin.

**"Jay... Anung nangyari?!"** May halong galit na yung boses ni Ci-N.

Pina-alis ni Keifer si Ci-N sa harap ko at sinipat-sipat ako. Tinignan ko lang sya ng masama. Paaalisin ko na sana sya ng maramdaman kong may humawak sakin at pilit akong itayo.

**"Aarrgghhh..."** Sigaw ko dahil sa sobrang sakit.

Kita ko yung gulat at pag-aalala ni Ci-N pati nung iba sakin. Dahan-dahan akong iniupo sa sahig nung humawak sakin na si David pala. Sumandal ako sa paanan ng lamesa.

**"Jay! Sinong gumahasa sayo?!"** Galit na tanung ni Ci-N.

Biglang nalang akong natawa. **"Hahahahaha----argh!"** Dahil sa sakit napa-aray ako.

*Agad-agad? Gahasa na?*

Hinubad ni Ci-N ang polo nya at binalot sa harap ko. **"Anu ba? Seryoso ako!"**

**"W-wala'ng gumahasa sakin. M-masakit lang tyan ko."** Sagot ko.

**"Tapos feel mo lang mag-hubad?"** Dugtong ni Yuri. **"..Tingin mo maniniwala kami dun?!"** Dagdag pa nya.

**"Tss. W-wala to!"** Sagot ko.

Pinilit kong tumayo. Kumuha kong suporta sa lamesa'ng sinasandalan ko. Lumapit sakin si Ci-N at akmang tutulungan ako kagaya ni David pero pareho ko silang sinenyasan ng '*Wag na.*'

**"P-punta lang ako'ng clinic."** Sabi ko at pilit akong humakbang.

**"Samahan na kita Jay..."** Presinta ni Ci-N.

**"H-hindi na. K-kaya ko naman mag-isa.."** sagot ko sa kanya at muling humakbang. **"..K-kakayanin ko."** Pabulong kong dagdag.

Hahakbang palang sana ako ulit pero biglang lumabo ang paningin ko at kusang bumagsak ang katawan ko.

Hindi ko na nahintay ang pagtama ko sa sahig dahil dumilim na rin ang lahat na parang napunta ako sa kawalan.

"**JAY!"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 23

**Cheater**

***Keifer's POV***

**"Sino sa tingin mong gumawa nun kay Jay?"** Felix ask me.

**"Hindi ko alam pero sigurado'ng pakana ni Freya yun."**

Obvious naman dahil sya palang naman ang nakakabangga ni Jay-jay. Kung ano-ano kasing pinag-gaga-gawa.

**"Makikialam ba tayo?"** Yuri suddenly ask.

Ayoko sana pero sa itsura nya kanina, halata ang sobrang pahirap. Babae pa naman sya. Gusto ko rin malaman ang gagawin ni Aries.

**"Kung kailangan siguro..."**

Hindi sya pumayag na makaligtas si Jay-jay kila Freya pero naapektuhan sya kapag kami ang nananakit dito. Ang bias naman yata nya?

**"Anu balak?"** Felix ask me again.

**"Hintayin muna natin syang magising."**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Gano kalakas ang tama?"** Tanung sakin ng nurse.

**"Sobra po... Nanlambot po kasi ako agad."** Sagot ko.

Hindi ko alam kung sinong nagdala sakin dito sa clinic. Agad akong inasikaso nung nurse nang makita nyang gising na ko. Nagpalusot ako sa nangyari sakin. Sabi ko nadapa ako at tumama ang tyan ko sa kanto ng lamesa.

**"Sandali lang ah.."** paalam nung nurse at umalis muna.

Dahan dahan kong hinipo yung tiyan ko. Grabe! Pakiramdam ko makakalas yung organ ko anu mang oras. Masakit at nanlalambot pa rin ako. Nanginginig din yung mga kamay at binti ko.

*Bwisit!* Gumanda lang pakiramdam ko, babalikan ko talaga yung mga yun. Mga impakto!

Palibhasa babae ako kaya siguro nila ko pinagtulungan. Tama nga ako nung nakaraan. Taga-sunod ng A ang mga D. Tsk!

Bumukas yun kurtina na nakaharang sa hinihigaan kong kama. Kala ko yung nurse na pero sila Ci-N at David lang pala, kasunod yung Hari ng mga ulupong.

**"Okay ka na?"** Tanung sakin ni Ci-N.

Nagpilit ako ng ngiti at nag-nod.

**"Pwede mo na bang sabihin yung nangyari?"** Tanung ni David.

Ayoko sana kasi masama pa rin yung loob ko sa '*Hindi ka kabilang*' na yun, kayalang alam kong hindi ako titigilan ng mga to hanga't hindi ako nagsasabi ng totoo.

Tinanaw ko muna yung nurse na kausap ko kanina. Nag-sinungaling ako sa kanya eh, baka mahuli ako kapag narinig nya. Hehe.

**"May pumunta'ng tatlong lalaki sa room tapos----"**

**"Argh! Ginahasa ka nga nila?!"** OA na tanung ni Ci-N. Medyo nagulat pa ko pero agad ko syang tinignan ng masama.

**"Patapusin mo muna ko Ci. Baka buhay mo tapusin ko!"**

Nag-pout naman sya at nanahimik.

**"Mensahe daw galing kay Freya... Tapos yun, sinikmuraan na nila ko."**

Nag-cross arm si Keifer at huminga ng malalim. **"Mga Section D, at isa lang ang kilala kong sikmura ang laging tinitira sa kaaway."**

Napatingin ako sa kanya. Alam na kagad nya, siguro ganun talaga sila. Kilala na lahat dito sa school.

**"Basta tanda ko muka nya, okay na yun."**

**"Anu balak mo Jay?"** Tanung ni Ci-N bago naupo sa tabi ko.

**"Papahinga muna ko."**

**"Tapos?"** Tanung naman ni David.

**"Hindi ko pa alam."** *Kung kelan sila babalikan.*

**"Gusto mo upakan namin?"** Alok ni Ci-N habang nakangiti.

*Basta away active!*

**"Wag na... Laban ko to kaya ako bahala."**

**"Pero Jay----"**

**"Ci! Wag kang makulit!"**

Nag-pout na naman sya. Feeling ko kasi hindi ko na dapat sila idamay sa gulo na to. '*Hindi ka kabilang*'. May sarili'ng laban na dapat harapin ang mga hindi kabilang na kagaya ko.

**"Kung yan ang gusto mo, ikaw bahala."** Sagot ni Keifer.

Aalis na sana sya ng may bigla akong naalala. Meron kasi akong gusto'ng linawin.

**"Keifer!"** Huminto sya at muling humarap sakin. **"..May itatanung lang sana ko."**

Tinignan nya ko na naghihintay sa itatanung ko.

**"Si Aries ba?"** Tumaas ang isang kilay nya. **"..Si Aries ba yung dahilan kung bakit nyo ko pinag-titripan?"**

Medyo matagal bago sya sumagot. Nakatitig lang kami sa isa't isa. Tahimik lang din sila David at Ci-N na para bang naghihintay din ng kasagutan.

**"Sort of."**

Yun lang ang sinagot nya at mabilis na naglakad paalis ng clinic. Mukang ayaw ma-interview tungkol sa usapin nila kaya umiwas. *Tss.*

Aalis na rin sana si David ng pigilan ko sya.

**"Bakit?"** Tanung nya sakin.

Dati syang presidente ng Section E. Hindi naman siguro masama'ng magtanung sa kanya.

**"Meron lang kasi akong hindi maintindihan. Sabi kasi ni Freya, hindi daw nagkakalayo yung D at E, ibig sabihin may mga records din----"**

**"Kung ibig mong sabihin ay kung bakit hindi nalang pagsamahin ang Section namin at nila ang sagot dyan ay dahil *Pinanghihinayangan* sila."** Dugton nya sa sinasabi ko.

Ang galing! Nahulaan nya yung gusto kong malaman. Ganun ba ko ka-obvious?

**"Panung..."**

**"Kasi Jay, parang A din ang mga D kaya nga lang parang E din sila."** Paliwanag ni Ci-N.

Napakamot ako sa ulo. *Anu daw?* Naguluhan lang ako sa sinabi ni Ci-N.

**"Ang ibig sabihin ni Ci-N, magaling din sa maraming bagay ang mga D. Matatalino, talented, magaling sa sports at iba pa na kagaya din ng mga A. Pero may mga records sila ng pakikipag-away at pang-gugulo. Hindi kagaya ng E na walang mga talent at tanging pakikipag-away lang ang alam gawin."**

Bakit parang lumipat yung sakit ng katawan ko sa ulo? Ang haba ng paliwanag nya pero mas maayos naman, hindi kagaya kay Ci-N.

**"Gets ko na, pero kung talented at nakikipag-away pala ang Section D. Bakit nasa A si Aries? Eh nakikipag-away din sya."**

Nagtinginan si David at Ci-N. Para bang ayaw nyang sagutin yung tanung ko.

**"Jay.."** Panimula ni Ci-N. **"..Marumi makipag-laban sila Aries. Hindi kami sigurado kung panu sya naka-angat, pero ang sigurado ay hindi na nya hinayaang maka-alis si Keifer at Yuri sa Section E."**

*Marumi makipag-laban?*

**"M-madaya sya? Ganun ba?"**

Tumango lang sakin si Ci-N. Kaya pala kahit lantaran na ang pakikipag-away nya nasa A pa rin. Partida! Para pa syang Hari sa asta nya.

**"Nga pala Jay.. Malapit na Periodical Exam. Pinapatanung ni Ma'am Tanda kung hindi ka na daw ba talaga papalipat."**

Oo nga pala. *Jeez!* Si Ma'am Zaragosa yung sinasabi nya. Luko-luko talaga tong si Ci.

**"Ako nalang kakausap sa kanya."** Sagot ko at ngumiti naman sakin si Ci-N.

**"Sige Jay... Magpahinga kana. Babalikan ka nalang namin dito mamaya."** Sabi ni David at naglakad na na palabas ng clinic.

Sumunod naman si Ci-N pero nag-wave muna sya bago tuluya'ng mawala sa paningin ko.

Umayos ako ng higa pero wala ako'ng balak matulog. Kasi nagiisip ako.

*Taray! May isip ka pala!*

Tsk! Peste tong bulate sa utak ko! Kinakain na nga mga neurons ko nakikialam pa.

Hindi kasi mawala sa isip ko yung sinabi ni Freya sa banyo.

Si Ella yung ex ni Keifer at naging babae ni Yuri. Ibig sabihin, pwedeng sya yung babae na naging dahilan ng pagwawala nung dalawa sa cafeteria. Tapos pwede'ng si Aries naman yung lalaki'ng binanatan nila Yuri at Keifer.

Tsk! Sana pala tinanung ko kay Ci-N yun para makumpirma. Kayalang baka masabihan akong tsismosa.

Gusto ko rin sana'ng kamustahin si Calix. Nabalitaan ko kasi na nagalit si Mica sa kanya at sinabiha'ng kalimutan at layuan na sya. Kaya siguro sya umiyak.

*Haaaaayyyyyyy.....*

Dapat ata sa ibang school nalang ako nag-aral. Hindi pa ko nagtatagal dito puro sakit na ng ulo yung nararanasan ko plus sakit ng katawan.

Bumalik na yung nurse at muli akong inasikaso. Binigyan din nya ko ng gamot.

May ilang oras din siguro akong nakatanga sa clinic ng bumalik si David at Ci-N dala ang gamit ko. Ihahatid na daw nila ko sa bahay namin.

Gusto ko sana tumanggi kayalang mananalo ba ko sa dalawa na to? Pareho'ng mapilit at masabi-masabi.

May kotse naman si David kaya hindi naman sila nahirapan sa paghatid sakin.

**"Ayaw nyo pumasok sa loob?"** Tanung ko pagkababa ng kotse.

Umiling lang si David.

**"Hindi na Jay... Mukang may bisita kayo."** Sagot ni Ci-N sabay turo sa mga naka-paradang kotse sa tapat namin.

May expected ba kaming bisita?

**"Next time nalang Jay."** Dagdag ni David.

Ngumiti nalang ako at tumango. Hinintay ko muna sila'ng umalis bago ko tuluya'ng pumasok. Medyo nahihirapan pa rin akong maglakad dahil sa panginginig ng kalamnan ko.

Pagpasok sa loob ng bahay, feeling ko nawala yung sakit na nararamdaman ko. Para akong nagkaroon ng buhay at lumakas ng dahil sa kaharap ko.

Baka nga sa sobrang lakas ko makapatay ako ng tao.

*Bakit andito tong mga to?*

Andito yung grupo ni Aries. Isama pa yung Freya at Ella pero hindi ko makita si Mica. Nag-init bigla yung ulo ko. Badtrip! Muka pa naman akong basahan ngayon.

Pinahiram kasi ako ng t-shirt dahil sa nasira kong blouse. Pero ang dungis pa rin ng itsura ko.

**"Jay.. Ano nangyari sayo?"** Bungad sakin ni Tita dahilan para mapansin ako ng grupo ni Aries.

**"Hi Jay!"** Bati sakin ni Kiko pero pilit na ngiti lang ang binigay ko sa kanya.

*Pasensya na! Wala ako sa mood makipaglandian ngayon. May kasama kasi kayong impakta!*

Humarap ako kay Tita para sagutin yung tanung nya. **"Nadapa po kasi ako tapos nasira yung blouse ko kaya nanghiram nalang muna ko ng t-shirt."**

"*Talaga lang ah!*" Bulong ni Freya pero obvious naman na parinig.

**"Tsk! Hindi ka kasi nag-iingat. Magbihis kana at mag miryenda."** Utos ni Tita.

Ngumiti lang ako at tumango. Tinitigan ko ng masama si Freya bago pumunta sa kwarto ko. Hindi ko rin ipinahalata na nahihirapan akong maglakad kahit nagsusumamo na ang kalamnan ko.

*May araw ka din sakin Freya!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share.++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 24

**Revenge**

***Jay-jay's POV***

*Scanning.....*
.
.
.
.
.
*Not Found.*

Nyeta! Hindi ko sila makita. Bumalik tuloy akong bigo sa room namin. Kainis! Nung isang araw ko pa hinahanap yung mga Section D na bumanat sakin.

Nakaramdam ata ang mga lintik. Hindi nagpapakita sakin. Ready pa naman akong rumesbak.

**"San ka galing?"** Bungad sakin ni Keifer.

*Pakialam mo?!*

**"Dyan lang."** Sagot ko bago umupo.

Buhat kasi nung na-clinic ako dahil sa paninikmura ng Section D, daig pa nya Nanay ko sa pagtatanung kung saan ako galing o kung saan ako pupunta.

*Nakonsensya ata!* Iniwan kasi nila kong mag-isa nun.

**"Next time isama mo si Ci-N kung aalis ka."** Dagdag pa nya.

*Ayoko nga!*

Hindi nga ako kabilang, at laban ko to kaya dapat ako lang. Cross arm akong sumandal. Nakakainis kasi! Dagdag pa yung pagmumuka ni Freya na humaharang sa view ng school tuwing papasok ako.

*Ganda eh! Ganda! Gandang ilibing ng buhay!*

**"Classmate... Wala ba kayong pagkain dyan?"** Sigaw nung isang kaklase namin.

*Ako meron!*

Pero hindi ako magbibigay. Matapos nila kong hindi pansinin tsaka iwanan at sinabihan ng hindi kabilang. *Manigas!*

Then suddenly, *light bulb!*

Kumuha ako ng chutchirya sa bag, kita ko ang biglang paglingon ng mga luko sakin. Binuksan ko yun at kumain. Wala naman kaming klase, kaya okay lang.

Kahit hindi ko tignan, ramdam ko ang pananakam nila sa kinakain ko. Biglang lumipat si David sa upuan sa tabi ko.

Kahit hindi sya nagsasalita, alam kong gusto nyang manghingi.

**"Gutcho mo?"** Malambing na tanung ko sa kanya habang inaabot ang pagkain.

Hindi sya nagsalita pero kumuha sya. Napaka-seryoso ng muka nya pero halata mong gutom na gutom.

*Hindi ba sila kumakain sa mga bahay nila?*

Si Ci-N naman ang lumipat sa upuan sa tabi ko rin. Nasa magkabilang side ko na sila ngayon.

**"Jay.. penge."** Sabi ni Ci-N habang naka-pout. *Bata'ng bata ang dating nya! Cute!*

Binigyan ko din sya. Tatlo na kaming kumakain. Tatlo na rin kaming tinitignan ng masama ng mga classmate nami'ng patay gutom.

**"Tigil nyo nga yan!"** Galit na utos ni Yuri. **"..Alam nyo nama'ng hindi nagsisikain mga tao dito tapos gagawin nyo yan!"**

Mag-poprotesta na sana ako pero bigla kong narinig yun pagtunog ng tyan nya. *Lakas ah!*

*Hehehehe.. *Evil Laugh**

Humarap ako sa kanya at sumubo ng sumubo. Kita ko yung inis nya. Ginaya ko din yung sarap-na-sarap expression nila Felix at Keifer dati.

Isang subject nalang kasi bago mag-lunch. Pero kahit naman lunch time na hindi pa rin sila makakain.

**"Hhhmmmm... Sarap diba?"** Tanung ko kila David at Ci-N.

Nag-nod lang si David pero si Ci-N ngumiti at pumalakpak.

**"Hindi masarap, pero pwede na pang-tawid gutom. Hahahaha."**

Wag ko kayang bigyan tong bata na to? Hindi marunong sumakay.

**"Yuri... Bakit ba hindi kana nagdadala ng pagkain?"** Tanung nung isang classmate namin.

**"Tss. Nahuli ako ni Tanda."** Sagot ni Yuri.

*Haha.. Kaya pala.*

***Kkkrrrriiiiiiiiiinnnnnngggggggg!!!!***

Lunch na! Hahaha... Parang ang sarap mang-inis ngayon.

**"Sa dati'ng tambayan ulit tayo Jay?"** Tanung ni Ci-N.

Ngumiti ako sa kanya. **"Hindi... Dito lang tayo."**

**"H-ha? Sure ka?"**

Tumango ako ng may malapad na ngiti. Halatang hindi nage-gets ni David ang pinag-uusapan namin.

Inabot ko yung baon ni Ci-N pero hindi ko sya pinaalis sa tabi ko. Kinuha ko rin yung baon ko. Alam kong wala'ng baon si David kaya hahatian ko nalang sya.

**"Hati nalang tayo..."** Sabi ko kay David.

**"S-sige."** Nahihiyang sagot nya sakin.

Lumingon ako sa likod at kita'ng kita ko yung pananakam nilang lahat. Isama pang may naglalaway sa kanila na parang aso.

Binigay ko kay David yung kalahati ng baon ko. Umobo muna ko para ayusin ang boses ko.

Pagsubo ko. **"Mmmmkkk!! Tsarap tsarap!"** Parang bata kong reaksyon.

"*Arrgghh.. Gusto ko din nun!*"

"*Bakit? Bakit kailangan mangyari satin to?*"

"*Sa labas nga kayo kumain!*"

"*Mamigay kayo! Utang na loob!*"

"*Hindi!*"

Iba't ibang reaksyon nila. Tinuloy ko lang ang pagkain ko at gusto ko mang maawa sa kanila, hindi pa rin sila kaawa-awa. Hahahaha.

*Bad mo Jay!*

**"Sarap talaga! Diba? Diba?"** Tanung ko sa dalawang busi'ng busy sa pagkain.

Tumango lang ulit si David pero buong galak na humarap sakin si Ci-N.

**"Matabang, pero pwede na."**

Talaga'ng hindi ko na bibigyan ang bata'ng to. -_-

**"AARGGHH!"** Biglang sigaw nung isang classmate namin. Lumapit sya samin at bigla nalang lumuhod sa harap ko. **"Nagmamaka-awa ako! Bigyan nyo na ko!"** Sambit nito habang hinihila ang manggas ko.

**"Hala ka!"**

Pati ibang classmate namin lumapit narin at lumuhod. *Napaka-tindi!*

Ayan medyo naawa na ko sa kanila pero kailangan ko ring gumanti sa pinag-gagawa nila sakin dati.

*Pasensya na!*

**"Wala na eh... Ubos ko na."** Sabi ko habang pinapakita ang laman ng baunan ko.

**"Ang sama mo!"** Sigaw nung isa nami'ng classmate at maluha-luha'ng umalis sa harapan namin.

*Dahil sa pagkain... Naaning!*

Pagkatapos kumain bigla nalang ako nakaramdam ng tawag ng kalikasan. Yung no.1, naiihi lang. Binilin ko muna yung bag ko kila Ci-N at lumabas ng room.

Mabilis akong nagtungo sa CR. Mabilis din ang naging kilos ko, mahirap na baka pumasok na naman si Freya sa CR na to.

Pagbalik sa room..... Wala ang buong Section E. Wala rin ang bag ko sa upuan ko.

*Lah! Asan yun?!*

Tinignan ko pa sa ilalim na table ko pero wala.

*Asan na yun?*

Naisipan kong hanapin ang mga Section E. Baka kasi sila may kagagawan kung bakit nawawala yung bag ko.

Hindi naman ako nahirapan dahil nagkukumpulan sila sa harap ng flag pole. Mga nakalagay sa kaliwang dibdib yung kanang kamay nila.

*Flag Ceremony ba ngayon?*

Anak ng tokwa! Webes ngayon! Walang Flag Ceremony! Agad kong tinignan yung tuktok ng flag pole.

Parang watawat na umuugoy yung bag ko sa tuktok. *Mga Animal!*

Agad akong lumapit sa kanila.

**"Mga Sira-ulo! Ibaba nyo nga yung bag ko!"** Galit na utos ko sa kanila.

**"Tsk! Wag kang bastos. Nagbibigay pugay kami sa watawat."** Sagot ng isa naming classmate.

*Tung'nu!*

**"Gago! Anung watawat?!"**

Sabay sabay nila kong tinignan at sumenyas ng quite sakin bago muling bumalik sa ginagawa.

*Ay tanginik!*

Nakita ko si Ci-N na naka-salute naman habang nakatingala sa bag ko. Isa pa to! Nakisama pa sa kalokohan nila! Lumapit ako sa kanya at kinurot sya.

**"Aray..."** Mahinang reklamo nya.

**"Umaano yung bag ko dyan?"**

**"Ginalit mo sila. Kaya ginantihan ka."**

Sa sobrang inis napahilamos nalang ako ng walang tubig. Abnormal talaga mga kaklase ko! Dahil sa gutom nabaliw na!

*Naku naman!*

Kailangan nilang ibaba yun, kasi....

**"Matutunaw yung chocolate!"**

Pagkasabi ko nun, awtomatikong nagpabalik-balik ang tingin nila sakin at sa bag ko.

**"Bakit hindi mo sinabi agad?"** Hinayang na sabi ng isa sa kanila.

Bigla nalang sila nagka-gulo. Nag-unahan sa pagkalas ng tali sa flag pole para maibaba yung bag ko.

"*Ako na!*"

"*Ako na! Ako na!*"

"*Ako na sabi!*"

"*Tumabi kayo dyan!*"

Para silang mga bata na nag-aagawan. Pero hindi nila pwedeng makuha yun. Akin kaya yun!

**"Ci... Wag mong hintayin na lumapag yung bag ko sa kanila----Hoy! Teka!"**

Hindi ko na natapos yung binubulong ko. Mabilis na nawala ang Ci-N.

**"Tabi! Tabi!"** Sigaw nya habang nakikipag-siksikan.

*Magaling! Makakadaan ka talaga nyn.*

Nang-mahalata ng mokong na hindi talaga sya makakadaan, lumayo sya ng bahagya at bigla nalang---wooaaahhh!

*Napaka-galing ng bata toh!*

Sinampahan nya yung mga nasa unahan para maka-angat sa kanila at bigla nalang tumalon para makuha yung pababa kong bag.

*Martial Arts!*

**"Jay! Nakuha ko na!"** Sigaw nya habang palapit sakin.

Pero halip na salubungin ko sya tumakbo ako palayo. Nakasunod kasi yung mga Section E at masama ang tingin nila sa bag ko.

Mali yata'ng sinabi ko na may chocolate sa bag ko.

**"Bilisan mo Ci!"** Sigaw ko habang tumatakbo.

**"Andyan na sila!"** Sigaw nya at nauna pa saki'ng tumakbo.

Nakarating kami sa malaking building ng school. Pinagtitinginan na rin kami ng ibang mga istudyante.

"*Hoy! Pahingi kami!*"

"*Bumalik kayo dito!*"

"*Mamigay kayo!*"

Sigaw nila habang patuloy sa paghabol samin.

Nakasalubong pa namin si Sir Alvin. Pati ibang teacher, napapatigil at napapatabi sa pader.

**"Section E! You're not allowed here!"** Sigaw nung isang teacher.

Pero walang pumansin sa kanya dahil patuloy pa rin kami sa pagtakbo. Nakarating kami ng second floor. Sarado na yung mga room. Class on session na kasi.

*Tama!*

**"Ci! Dito!"** Sigaw ko at binilisan ang takbo papasok sa isa sa mga room.

Pagpasok sinara ko agad yung pinto at pinakinggan kung malapit na sila.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci-N habang kinakalabit ako.

Tinabig ko lang yung kamay nya at pinakinggan ulit yung mga ulupong.

**"Jay..."** Tawag ulit sakin ni Ci-N pero hindi ko sya pinansin.

"*Asan?*"

"*Sa taas!*"

"*Balisan nyo.*"

Mukang nagpunta sila ng third floor.

**"Jay..."** Tawag ulit ni Ci-N.

Medyo naiirita na ko sa ginagawa nya. Hinarap ko sya na salubong ang kilay pero nawala yun ng ma-realize ko kung bakit nya ko tinatawag.

Sana pala hindi nalang kami dito pumasok. Akala ko kasi kung kaninong klase ang mapupuntahan namin.

*Lagot na!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 25

**Revenge 2.0**

***Jay-jay's POV***

**"Wala ba kayong klase?!"** Tanung samin ng teacher.

Hindi kami makasagot ni Ci-N. Kanina pa kasi tumunog yung bell. Ibig sabihin kanina pa nag-start klase namin.

*Haay.. Lagot na talaga!*

**"They ditch their class."** Mayabang na sabi ni Freya.

Tinignan ko sya ng masama. Kala mo kasi kung sino. Coloring book naman ang muka.

Kung saan kami napunta? Sa Section A lang naman. Masama na ang tingin samin nung iba. Isama pa yung tingin nung teacher nila.

*Asar naman!*

Bubuka pa lang sana yung bibig ko para magsalita pero narinig ko na yung mga boses ng mga Section E sa labas ng room.

"*Baka pumasok sa mga room.*"

"*Tignan nyo! Dali!*"

**"Jay... Sa bintana."** Bulong sakin ni Ci-N.

Tinignan ko yung bintana malapit sa white board nila. Sliding window yun at bukas na bukas.

Tumango ako kay Ci-N, sign na payag ako'ng doon dumaan.

**"Bumalik na kayo sa klase nyo."** Sabi ng teacher samin.

Bigla'ng tumakbo si Ci-N papunta sa bintana. Dire-diretso sya'ng tumalon pababa. Nagulat pa yung ibang Section A, kaya napasilip din sila sa bintana.

**"Ay!... Anu bang bata ito?!"** Sigaw nung teacher.

Tatakbo na rin sana ako para sumunod kay Ci-N. Wala na kong paki kahit nasa second floor kami. Pero bigla nalang ako'ng hinawakan ni Kiko sa braso.

**"Tatalon ka rin?! Delikado yang gagawin mo!"** May halong pag-aalala sa boses nya.

*Ayyieehh... Concern.*

**"Mas delikado kapag naabutan nila ko!"** Sabi ko at tinabig ang kamay nya.

Mabilis akong tumakbo at tumalon din sa bintana. Kayalang sana pala tinignan ko muna kung gano kataas.

Huli na para mag-sisi ako. Bumagsak ako sa damuhan pero ang sakit pa rin ng binti ko dahila sa taas ng pinanggalingan ko.

**"Aarghhh..."** Sigaw ko habang hinihimas ang binti ko.

**"Maya mo na indahin yan! Tara na!"** Sigaw ni Ci-N habang pilit ako'ng hinahatak.

Kahit masakit at nahihirapan. Tumayo na rin ako at pilit tumakbo. Sa likod ng gymnasium kami pumunta at kung suswertihin ka nga naman.

Andito yung tatlo'ng Animal na nanikmura sakin. Kaya pala hindi ko sila makita. Dito pala ang tambayan nila.

*Humanda kayo sakin!*

**"Ci.. Bumalik kana sa room."** Utos ko.

**"Ha? Bakit?"**

Kinuha ko yung bag ko sa kanya. **"Ako nalang papahabol at umalis kana."**

**"Pero Jay..."**

**"Sundin mo nalang ako."** Ma-otoridad na utos ko.

Lumakad paalis si Ci-N na may halong pagtataka. Ayoko lang kasi syang madamay pa. Away ko to!

Lumapit ako sa tatlo na bisi'ng busy sa paninigarilyo.

**"Umaaano ka di----"** hindi ko na pinatapos yung sasabihin nya.

Malakas na suntok ang ibinigay ko. Masakit sa kamao at nakakapanginig pero sulit naman. Dumudugo na yung labi nya.

Tinignan ako ng masama nung dalawa.

**"Gago ka! Si----"** Sinipa ko naman yung isa sa muka.

Bumagsak sya at kasunod non ang pagdurugo ng ilong nya habang namamalipit sa sakit.

*Isa nalang...*

Nakipagtitigan muna sya sakin. Ngumisi pa sya bago itapon yung sigarilyo'ng hawak nya.

*Ngisi lang! Tignan ko kung magawa mo pa yan mamaya.*

**"Lakas ng loob mo ah! Sino ka ba?!"** Galit na sambit nya.

**"May mensahe ako! Para kay Freya!"**

Napahinto sya sa sinabi ko. Ganun din ang mga kasama nya'ng naka-sadlak pa rin sa lupa.

Sa itsura nila, muka'ng nakilala na nila ko. Pinilit tumayo nung dalawa at bahagya'ng lumapit sa kasama nila.

**"Maipapadala nyo ba?"**

Nagtinginan muna sila. Para silang nag-uusap sa mga tingin na binibitawan nila at pagkatapos nun bigla nalang sumugod yung isa.

Susuntukin nya ko pero nakaiwas ako kaya agad ko syang sinipa sa tuhod dahilan para bumagsak na naman sya.

**"Aaarrggghhhh... Shit!"**

Sumunod yung isa'ng dumudugo ang ilong. Hindi ko na sya hinintay, agad ko syang sinuntok sa panga.

**"Ugh!"**

Masakit pero sulit. Para syang nahilo pagbagsak nya.

Hinarap ko ulit yung isa. Yung lalaki'ng walang tigil sa paninikmura sakin.

**"Ikaw nalang..."**

Hindi ko na rin sya hinintay sumagot. Sumugod agad ako ng suntok pero nakaiwas sya kaya sinundan ko agad ng isa pa.

*Sapul!*

Pagbagsak nya tinandyakan ko agad sya sa sikmura. Hindi ko sya tinigilan mas higit pa sa ginawa nya sakin. Halos sumuka na sya pero tuloy pa rin ako.

**"Kala ko matapang ka?!"** Sambit ko at tuloy pa rin sa pag-sipa. **"Sabihin mo... Kay Freya... Mali sya... Ng kinalaban!"** Dagdag ko sa pagitan ng mga sipa at tadyak ko sa kanya.

Tumigil ako sandali dahil nakakapagod din at sumasakit na rin yung binti at paa ko. Huminga ko ng malalim at babalik na sana sa ginagawa ko ng may bigla nalang humampas sa batok ko.

**"Uggghhh!"**

Agad akong bumagsak. Napahawak ako sa parte ng batok ko na tinamaan. Nagdi-dilim ang paningin ko dahil sa pagkahilo. Mabigat sa pakiramdam, parang kaunting pagkakamali ko lang at mawawalan na ko ng malay.

*Asar! Wag kang pipikit Jay!*

Pinilit kong tignan yung may gawa nun. Yung isa sa tatlo, yung sinipa ko sa tuhod.

**"Kala mo basta basta kami papatalo sayo! Sayo pa na isang babae!"** Sigaw nya sakin habang dinuduro ako ng kahoy na ginamit nya.

Akma'ng hahampasin nya ulit ako ng may humawak sa pulso nya. Kahit nahihilo ako, kita'ng kita ko kung sino sya.

*Keifer.*

Hindi sya nagsasalita pero bakas ang galit sa mga mata nya. Humigpit ang hawak nya sa pulso nung isa dahilan para mabitawan nito ang kahoy.

**"Argh! Bitiwan mo ko!"**

**"Sige."** Walang gana'ng sagot ni Keifer.

Akala ko bibitawan na nya pero pinalipit nya yung braso nung lalaki at dinig na dinig ko ang pagtunog ng buto nito kahit humihiyaw na sa sakit yung isa.

**"Aaarrggghhhh... T-tama na!"**

Agad na bumagsak yung lalaki pagbitaw ni Keifer. Umiiyak na rin ito sa sakit.

Sunod nyang pinuntahan yung dumudugo ang ilong na nakahiga pa rin sa lupa. Parang nakaramdam ito kaya unti-unti'ng gumapang palayo kay Keifer.

**"W-wag! Maaawa ka sakin! Napag-utusan l-lang kami!"** Pagmamaka-awa nya.

Pero mukang wala'ng balak pakinggan si Keifer. Palapit pa rin sya sa lalaki at ng huminto ito, malakas na tadyak ang binigay nya sa tuhod nito.

**"Aaaarrrrgggghhhhhhhh!!!!!!!"**

Napapikit nalang ako. Alam kong nabalian na sya ng buto dahil sa lakas ng tadyak na yun.

*Bakit? Bakit ganito si Keifer?*

Galit ako sa mga lalaki na yon pero ngayon parang awa nalang ang nararamdaman ko sa kanila.

Lumapit sya sa pinaka-huli. Naka-lumpasay pa rin ito sa lupa habang galit na nakatitig kay Keifer.

**"Tumayo ka."** Utos ni Keifer.

**"A-anu---"**

**"Tumayo ka!"** Ma-otoridad na utos ulit nya.

Kahit hindi naiintindihan nung isa, pinilit pa rin nyang tumayo.

**"Bibigyan kita ng pagkakataon na labanan ako. Ayoko'ng gawin yung ginawa nyo kay Jay-jay. Obvious naman kasi na hindi patas yun."** Paliwanag ni Keifer.

Ngumisi lang yung isa. **"Anu nama---Aaaggghhhh!!!"**

Hindi na sya pinatapos ni Keifer sa pagsasalita. Agad nyang itong sinikmuraan. Halos lumuwa na ang mata at dila nito.

Babagsak sana ulit yung lalaki pero hindi hinayaan ni Keifer yun. Hinawakan nya sa kwelyo at sunod-sunod na binigyan ng suntok sa sikmura.

*Tama na!*

Akala ko ba *bibigyan nya ng pagkakataon lumaban*. Eh hindi na nya hinayaan makabawi yung isa.

Sinuntok ulit nya sa sikmura yung isa at bigla nalang ito'ng sumuka. Yun nga lang sa halip na pagkain o tubig ang isuka nito. Dugo ang lumabas dito at tuluyan nang bumagsak.

**"Ayos ka lang Jay?"** Tanung ni Keifer habang nakatingin sa lalaking pinabagsak nya.

Medyo nagulat pa ko sa pagtatanung nya. **"A-ayos lang."**

**"Kailangan na nating umalis dito."**

Pinilit kong tumayo pero ang bigat ng pakiramdam ko at nahihilo pa rin ako.

**"M-mauna kana... S-susunod nalang ako."** Sambit ko habang hunahanap ng maaalalayan.

**"Tss. Bilisan mo."**

Tignan mo tong lalaki na to. Hindi yata nakikita'ng nahihirapan ako. Hindi ba nya kayang maging gentleman.

Yung mga nababasa ko sa wattpad at libro, tinutulungan nila yung babae pero sya hindi.

Post ko kaya sa FB to, sabihan ko'ng '*Ungentleman!*'. Tapos '*Kung anung kina-gwapo sya nama'ng kinasama ng ugali*'. Kayalang baka ma-bash ako, wag nalang.

*Saan nga pala galing ang Keifer na to? At bakit sya andito?*

**"You walk like a turtle."** Komento nya at mabilis na naglakad palayo sakin.

Aba! Kung alamin nya kaya yung kalagayan ko?

Nang mawala na ng tuluyan sa paningin ko ang wala'ng hiya tsaka naman nagpakita si Yuri. Lumapit sya sakin.

*Saan naman galing to? Bakit din sya andito?*

**"Saan ang tama mo?"** Wala'ng gana nyang tanung.

Hindi na ko nagsalita. Tinuro ko nalang yung batok ko. Akala ko kung anung gagawin nya, bigla nalang syang lumapit sakin at binuhat ako ng pa-bridal style.

**"Lah! Lah! Ibaba mo ko!"** Pagpupumiglas ko.

**"Aabutin tayo ng syam-syam kung hindi kita bubuhatin."**

Hindi na ko pumalag, hindi na rin ako nagsalita. Siguro dahil sa bigat ng pakiramdam ko. Isama pa yung pagod ng katawan at sakit ng kamao ko.

**"Pwede ba kong manghingi ng pabor sayo?"** Biglang tanung ni Yuri.

Tumango lang ako at hinintay ang sasabihin nya.

**"Ikaw ang umako ng mga nangyari sa Section D."**

Taka ko syang tinignan. Gusto nyang ako ang umako? *Bakit?*

**"Kung bakit ang tanung mo... It is because hindi na pwedeng masangkot si Keifer sa gulo."**

*Ahh kaya pala.*

Sabagay, siguro sa dami ng kinasangkuta'ng gulo ni Keifer dati kaya hindi na sya pwede'ng masangkot ulit.

**"S-sige. Aakuin ko lahat."**

Napansin kong ngumiti si Yuri pero agad ding nawala. Bakit parang may iba kay Yuri ngayon? Parang ang bait ng dating nya, malayo sa Yuri'ng lagi kong nakakasungitan.

Para kasi syang Keifer Version 2.0, kaya may pagkakataon na naiinis din ako sa kanya.

Pero ngayon? Parang iba'ng tao sya...

*OceanofPDF.com*

# Chapter 26

**Rain Rain**

***Jay-jay's POV***

***"  ..oh ulan bumuhos ka, wag ng tumigil pa. Hatid mo ay bagyo dalangin ito ng puso ko'ng nagliliyab. Pag-ibig ko'y umaapaw, damdamin ko'y humihiyaw sa tuwaaa. Tuwing umuulan at kapiling kaaaa....  "***

Abnormal talaga tong mga Section E. Ang lakas-lakas na nga ng ulan, kanta pa ng kanta. Mali-mali naman ata ang lyrics nila.

*Hay ewan...*

Bakit kaya umulan? Umaaraw naman kanina. Tirik na tirik pa nga eh. May sapi din kaya yung panahon? Parang si Keifer na tuwing titignan ko kundi ngingiti, iirap naman.

*Lakas ng Sapi!*

Bakit ba ko tumitingin sa kanya? Ewan ba!

**"Anouncement!"** Napatingin kami kay Kit na nasa pinto. **"Kanina pa pinauwi yung mga higher Section. Wala na daw klase."**

Wala man lang nagsabi samin. Samantalang kanina pa kami antay ng antay.

"*Nakuh! Huli na naman tayo sa balita.*"

"*Anu pa nga ba?*"

"*Hindi naman tayo priority kaya ganun.*"

Ganun? Para kaming hindi kabilang sa school na to. Kung kanina pa sila pinauwi, ibig sabihin nakauwi na si Aries.

*Wala ka'ng masasakyan.*

Badtrip! Sana naman tinext nya ko. Nagtext pa naman ako sa kanya kanina.

Sabagay, baka hindi talaga ako isabay nun. Hindi naman kami masyado'ng nagpapansinan. May Sapi din kasi yun, parang si Keifer.

Tutal nabanggit ko na, come to think of it. Magkaka-ugali si Keifer, Yuri at Aries, hindi kaya magkakamag-anak yung tatlo.

*Ano mo sila Jay?*

Ay oo nga pala. Ako nga pala ang kamag-anak ni Aries, hindi yung dalawa na yun.

**"Dyan ka nalang?"**

Nagising ako mula sa pag-iisip. Si Yuri nakatayo sa pintuan. Mukang isasara na nya kaya dali-dali ako'ng tumayo at tumakbo papunta'ng pinto.

**"Pasensya na."** Sabi ko habang nakangiti.

**"Tss!"**

*Keifer talaga sya oh!*

Pati yung *Tss* kuha nya. Feeling ko magkalahi sila.

Hindi muna ko umalis. Hinintay ko muna sya'ng matapos sa pag-sasara ng pinto. I-interviewhin ko lang sya sandali.

Matapos yung ginagawa nya sa pinto, na pag-lock lang naman. Humarap sya sakin.

**"HOO! ANU BA?!"** Sigaw nya. Mukang hindi sya aware na nasa likod lang nya ko. Gulat na gulat eh.

Hindi ko mapagilang hindi tumawa dahil sa itsura nya. **"Hahahahaha.. Sorry."**

**"Umuwi ka na nga!"**

Nag-umpisa na syang maglakad at nakasunod lang ako.

**"Yuri! Magkamag-anak ba kayo ni Keifer?"**

Napahinto sya at tinignan ako. **"Hindi. Bakit?"**

**"Magka-ugali kasi kayo. Pareho kayo'ng may sapi."**

Nagsalubong na agad ang kilay nya. Nainis yata sa sinabi ko. Inayos muna nya yung salamin nya sa mata bago mag-cross arm.

**"Sapi? Sapi talaga?!"** Iritable nyang tanung.

Nag-pilit ako ng ngiti sabay peace sign. Hindi ko kasi napigilan bibig ko. *Sorry naman.*

**"Sapi pala ah."** Sabi nya at bigla nalang sya tumakbo palayo.

Pagdating sa dulo ng hallway ng building namin. Tinanggal nya ang mga plywood sa daan.

Eto kasi ang problema dito sa building namin. Dahil sa nasa dulo na, puro lupa ang paligid kaya kapag umulan putik-putik.

Pag-lagpas sa bakante'ng room sa tabi ng CR na lagi kong pinupuntahan, lupa na ang madadaanan. Hindi kagaya ng daan hangang CR, sementado na kaya hindi hassle sa mga studyante.

Mautak naman ang mga Section E. Nilagyan nila ng plywood o mga tagpi'ng kahoy yung daan papunta CR para hindi sila maputikan.

Kayalang tinatanggal na ng wala'ng hiya'ng Yuri yung mga kahoy at plywood.

*Sapi talaga! Abnormal?*

**"Hoy! Aba! Panu ko dadaan?!"** Sigaw ko habang nasa dulo ng hallway ng building namin.

**"Lumangoy ka!"** Sagot ni Yuri na nasa sementong bahagi na ng daanan.

Eto masama nito! Wala ako'ng payong, putik-putik ang daan. Lumalakas na naman ang ulan at wala na ata'ng tao sa school.

Tinanggal ni Yuri ang salamin nya at nilagay sa bulsa ng polo nya na nasa tapat ng kaliwa'ng dibdib. Kinuha na din nya yung payong sa bag nya.

Lumakas na talaga yung ulan. Kamaway pa sakin ang Yuri bago tuluya'ng umalis.

*Kaasar!*

Kesa maiwan ako mag-isa dito. No choice! Ako nalang maglalaba ng uniform ko para hindi nakakahiya.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

*Sapi?!* Sapi pa talaga yung ginamit nya'ng term obvious naman ang ibig sabihin. Kay Keifer pa talaga nya ko kinumpara.

Pwede ba? Nakakasawa na! Lagi nalang ako nakukumpara sa kanya.

May sarili ako'ng buhay at pagkatao kaya ayoko ng nakukumpara sa kanya.

**"Aaaarrggghhhh!!!...."** Someone shout.

Napalingon ako kung saan galing yun. It turns out to be Jay-jay at nasa ulanan sya.

*What the....*

Mukang nahihirapan din syang maka-alis sa putikan. Tinanggal ko kasi yung mga kahoy at plywood na ginawa nami'ng tulay para hindi kami maputikan. I actually expected her to apologize and ask for help.

Tinalikuran ko sya. Wala na kong balak tulungan sya ngayon. Nasa putikan na sya at wala akong planong putikan ang puting uniform ko.

**"Jusme! Kumunoy! Kumunoy!"** She shout again.

*Wag mo sya'ng pansinin.*

**"Yung sapatos ko!"**

*Don't mind her!*

**"Argh! Kinakain ako ng putik!"**

*Keep walking!*

**"Narda'ng Putik!"**

*Who's Narda? It's Nardo!*

**"Putik! Ka-putik putikan!"**

*Argh! Act like you don't hear anything!*

**"Shutang'names!"**

*Haaaayyyyy..... Kusogaki (unpleasant brat)*

Kaagad ko syang hinarap na naman. I walk as fast as i can para makalapit sa kanya. She look so.....gross? Puro putik na kasi yung legs nya meron na ring talsik yun uniform nya. And her shoes? Seriously I can't recognize them anymore.

**"Bakit bumalik ka?!"**

**"Because you look like a fool."**

**"Nakonsyensya ka lang kamo."**

Tinignan ko lang sya ng masama. **"*Urusai!*"** *(Shut Up)*

**"Huh?!"**

Oh i forgot! Hindi nga pala sya nakaka-intindi ng Japanese.

Lumapit ako sa kanya at akmang tutulungan sya kayalang may hawak akong payong. Nakalubog na kasi sya sa putik at obvious na hindi makaalis. Kaylangan ko syang hatakin.

**"Okay... Uhmm hold this umbrella first."** Inabot ko sa kanya yung payong.

Kinuha naman nya at pinayungan ako. Wala na kasi'ng saysay kung magpayong pa sya, basa'ng basa na buong katawan nya. Ewan ko lang sa bag nya.

*That's another one.*

Kung basa na sya panu ko sya hahawakan. *Oh shit!* Bahala na nga. Pinili ko nama'ng tulungan sya kaya dapat akong mag-tiis. Ngayon lang to! Ngayon lang!

Ilalagay ko yung dalawang braso ko sa magkabilang kili-kili nya ng bigla sya mag-react.

**"Wuy! Anung gagawin mo?"**

**"Tsk. Pipilitin kita'ng buhatin."**

**"Ok."**

**"*Baka.*"** *(Idiot)*

Bigla syang luminga-linga. **"Asan ang baka?"**

*Pfftt. She's clueless that i'm insulting her.*

**"Wala."** Nilagay ko na yung dalawang braso ko sa magkabilang kili-kili nya. **"On the count of three."** She nodded. **"One. Two. Three!"**

I'm still pulling her up ng bigla nalang ako madulas at pareho kaming bumagsak.

Pareho kaming nataranta at bigla syang sumigaw. **"Hala! Babagsak tayo!"**

....sa putikan. SA PUTIKAN!

*OH FVCK!*

**"Oh c'mon!"** I shout in disbelief.

Wala akong paki kung masakit, pero putik eh. Sa putik talaga, sa nakakadiring putik where all the dirt could possibly be.

**"Nasaktan ka ba?"** Jay ask.

**"Hindi, but we need to stand up. Nakakadiri na kasi."**

Sinubukan nyang tumayo at kung mamalasin ka nga naman. Muli na naman sya nadulas at ang bagsak ng katawan nya....sa lower body ko.

**"Uuugggghhhh!"** I shout.

She accidentally hit my.... My.... My.... Basta yung sa baba!

Nayanig ang buo kong katawan. Feeling ko basag na basag.

**"S-sorry... H-hindi ko sadya."**

Huminga muna ko ng malalim. **"J-just... J-just don't move."** Halos walang lumalabas na boses sakin.

*I curse you! I am cursing you from the top of my lungs.*

Pinilit kong bumangon. Sa totoo lang nandidiri na ko sa sarili ko dahil sa putik na nakabalot sakin. Kayalang mas dapat kong intindihin yung nabasag sakin. Alam kong hindi ako makakatayo kaya naupo muna ko. Hinihintay ko rin mawala yung sakit ng ano ko.

**"Hindi ko talaga sadya..."**

**"It doesn't matter. Nangyari na."**

Napatingala nalang ako ng bumuhos na naman ang malakas na ulan. Anu bang nangyayari sa panahon? Umaaraw naman kanina.

Hay... Basa na ko, may putik sa katawan at nabasag pa ata yung anu ko. *Malas tong babae na to!*

Tinignan ko sya na nakaupo rin sa tabi ko. **"Wala ka pa bang balak tumayo?"**

Nagpilit sya ng ngiti at nagkamot ng ulo. **"Baka kasi madulas ulit ako."**

*Unbelievable!*

Sinubukan kong tumayo ng masiguro kong hindi na ganong masakit. Sumunod naman si Jay. Kinuha ko muna yung payong ko. Dahan-dahana akong naglakad paalis sa putikan.

**"Bakit ganyan ka maglakad?"** Tanung ni Jay.

*Ikaw kaya tamaan sa ano...*

**"You'll never understand."**

I-ika-ika kasi ang lakad ko. Ayokong pilitin baka masaktan pa lalo, kawawa naman ang mga anak ko kapag nagkataon. Dahil basa na ko, tinupi ko nalang yung payong ko.

Para akong naligo sa putik pati bag ko meron din. Pinili ko nalang iwan yung malas na babae na yon. Wala na ko'ng paki-alam kung lumubog na naman sya sa putik. *Bahala sya.*

Tuloy lang ako sa paglalakad. Wala na ring tao sa school bukod sa utility at guard.

**"Uuwi kana nyan?"** Someone speak.

Nagulat ko sa nagsalita kaya kahit nakakahiya medyo napa-iktad ako.
**"Woah! Anu ba?!"**

Nagsimula na naman syang tumawa ng malakas. **"Magugulatin ka ba? Pangalawa na yan."**

Inirapan ko nalang sya. Bakit ba nakasunod sakin tong babae na to? Hindi ba sya makakauwi mag-isa? Nasa parking na ko ng magpa-alam si Jay sakin. Hindi ko nalang sya pinansin.

Ayoko sanang gamitin yung kotse ko. Malalagyan lang ng putik yung loob. But i have no choice. Kesa maglakad ako baka abutin ako ng hating-gabi. At nakakahiya din kung makita ako ng mga tao na ganito.

Mabilis kong pinaandar ang kotse paalis ng school. Gusto ko ng umuwi para maligo.

Hindi pa ko nakakalayo sa school ng mapahinto ako. BAHA!
*Really?!* Kaylangan kong umiba ng daan. Mapapalayo ang ruta ko.

*Malas talaga yung babae na yun...*

I'm about to u-turn but i stop. Nakita ko si Jay-jay na lumulusong sa baha.
*This girl is crazy!*

Binusinahan ko sya, kayalang sa lakas ng ulan hindi nya marinig.

I fvcking hate this. Last time na tinulungan ko sya napahamak ako. Tapos eto na naman.

*Don't help her!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 27

**Japan-Japan**

***Yuri's POV***

**"Saan ba bahay nyo? Hindi ba nakakahiya sa magulang mo? Baka magalit sila? Ibaba mo nalang kaya ako dyan, papasundo nalang ako. *Blah.. blah.. blah..*"**

Nakaka-irita! Naiinis na ko sa bunganga ng babae na to. Sana pala talaga hinayaan ko nalang sya'ng lumangoy sa baha.

Hindi ako makapaniwala na lumusong ako sa baha para lang pasakayin sya sa kotse ko. Then parang armalite yung bibig nya sa pagdaldal. She's like the female version of Ci-N.

Wala'ng pwedeng daanan papunta sa kanila kaya kahit ayoko iuuwi ko muna sya. We try to find another route pero baha pa rin.

**"Yuri! Panu mo nga pala nalaman bahay namin?"**

*I went there before..*

Hindi na kasi ako nagtanong sa kanya. Basta nalang ako nagmaneho, siguro napansin nya na papunta yon sa kanila.

**"Yung village lang alam ko. Sabi sakin ni Ci-N."** I answer boringly.

She just gave me short-*ahh* reaction. Andito na kami sa building namin kung saan ako nakatira. An 80 story building that my family own.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Nakatingin lang ako sa malaking building sa harap. Sobrang laki! Bigla nalang dumiretso yung kotseng sinasakyan namin sa basement nung malaking building.

**"Uy! Aanu tayo dito? Kala ko dun tayo sa bahay nyo?"** Natataranta kong tanung.

**"I live here."** Bored nyang sagot.

*Ha? Hindi naman bahay to eh! Building to men.*

Huminto yung kotse ni Yuri sa tabi ng nagagandaha'ng kotse. Grabe! Taob yung kotse ni Yuri. Ferrari ata tong katabi ng kotse nya.

**"Anu? Dyan ka nalang?"** Tanung nya.

Nakababa na pala sya ng kotse. Sumunod naman ako agad. Ayokong maiwan sa basement.

Naglakad na si Yuri matapos i-lock ang kotse nya. Sunod lang ulit ako habang linga ng linga sa paligid. Ang dilim kasi, pero ang daming magaganda'ng kotse.

Pagpasok sa elevator hindi ko mapigilang hindi magtanong. Kasi naman nakaka-curious yung lugar.

**"Uhmm.. Yuri, buong building na to ba yung bahay nyo?"**

**"Tsk! *Baka!*** *(Idiot!)* **Malamang hindi!"**

Tinignan ko sya ng masama. Kailangan kasi sumisigaw talaga?

**"Hindi mo kailanga'ng sumigaw! Tsaka anu ba yang baka na yan?! Wala namang baka dito!"** Sigaw ko at biglang irap sa kanya.

Mula sa repleksyon sa pinto ng elevator, nakita kong ngumiti si Yuri at umiling-iling.

Ang sarap pagmasdan ng ngiti ni Yuri. Medyo nakakahawa rin. Bigla din akong napatingin sa mata nya sa repleksyon na kasalukuyang nakatingin sa itaas na part ng elevator. Wala syang suot na salamin.

*Hanamitchi!*

Hapon nga pala ang ulupong na to. Medyo singkit kasi ang mata nya pero malulam ang bandang ilalim. Ang kinis din ng muka nya, alagang papaya lang ang peg. Dinaig ang kutis ko.

Napatigil ako sa pagtitig sa kanya ng biglang tumunog ang bell ng elevator. Indication na magbubukas na ang pinto.

Pagbukas ng pinto...

*Japan?!*

Hala! Nabaliw na ata ako nung nabasa ng ulan.

Diretsong Japan ba ang byahe ng elevator na to?! Para kasi kaming nasa sinaunang bahay sa Japan. Kinusot ko yung mata ko baka namamalik-mata lang ako.

Sliding door pa ang gamit, kahoy ang sahig, isama pa yung mga babaeng naka-kimono na sumalubong samin.

*Hala ka!*

Lumabas si Yuri ng elevator kaya sumunod ako. Nakatago ako sa likod nya. Para akong nasa ibang mundo.

**"*Okaerinasai* Young Master!"** Sabay sabay na bati ng nga babae.

Mga sampu siguro sila at lahat nakayuko. Nakapatong din sa mga tyan nila yung mga kamay nila.

*Para'ng royalty sa Japan tong binabati nila.*

TEKA! Young Master?!

Napatingin ako kay Yuri na kasalukuyang inaabot ang bag at payong sa isang babae.

**"Madam.. Pakihubad po ang sapatos nyo."** bulong nung isang babae sakin.

Medyo nagulat pa ko pero hindi ako makakilos. Nakakahiya kasi. Puro putik pa man din ako.

*Anu ba to?! Marunong silang magtagalog.*

**"H-hindi na... Uuwi na rin kasi ako."** Sagot ko sabay turo sa elevator.

Pero bago pa ko makahakbang hinawakan na ni Yuri ang braso ko.

**"Paki-hubad ang sapatos nya at kunin nyo ang gamit nya."** Utos ni Yuri sa mga babae.

Bigla nalang sila lumapit sakin, yung iba pilit hinubad ang sapatos ko at yung iba kinuha yung bag ko.

**"Yuri.. Anu ba to? Panu tayo napunta dito?"** Bulong ko sa kanya.

Medyo kinakabahan ako. Ewan ba, ang weird sa pakiramdam. Ganto ata talaga kapag bago lahat sa paligid mo.

Pati kasi atmosphere, Japan na Japan.

**"Nasa rooftop ng building ang pinaka-bahay namin. Bawal din ang nakasapatos sa loob, baka magalit si Tanda."** Paliwanag nya.

Ahh, kala ko naman dumiretso na ng Japan yung elevator.

Matapos kunin nung mga babae yung gamit at sapatos ko. Hinatak ako ni Yuri. Dun ko lang napansin na may isa pang baitang bago makatuntong sa loob ng bahay.

*Japan na Japan talaga!*

Ang daming hallway. Puro kwarto din at halos lahat sliding door. Liko dito, kanan doon. Narating pa namin yung garden sa gitna ng bahay. Iilang piraso lang naman ng puno na maliit.

Napahinto si Yuri ng salubungin sya ng isang matandang babae. May salamin sa mata at naka-kimono din kapareho ng mga babae kanina.

**"Young Master, hinahanap po kayo ng lolo nyo."** Sabi nung matanda habang nakayuko.

**"Tsk! Umuwi na kamo sya ng Japan!"** Sigaw ni Yuri dun sa matandang babae.

*Bastos tong bata na to!*

Agad ko syang binatukan. Nagulat pa yung matandang babae sa ginawa ko. Si Yuri naman pinapatay na ko sa titig.

**"Bastos ka! Gumalang ka sa nakakatanda!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Kailanga'ng namamatok?!"** Sigaw nya sakin. Hinarap nya ulit yung matanda. **"Maliligo lang ako. Wag nyo sasabihin na may kasama ako."**

Hinatak na naman ako ni Yuri.

**"Kaunti nalang matatanggal na yung braso ko."** Reklamo ko.

**"Tss."**

*Ay oh!*

Yuri o Keifer?! Kuha'ng kuha talaga. Magkadugtong ata dila nila, kaya pati yun kuha!

Lumiko ulit kami sa isang hallway pero hagdan na yung bumungad sakin. As usual, hatak hatak na naman ako ng wala'ng hiya.

**"Dahan-dahan! Masusubsob ako!"** Sigaw ko.

**"Lower your voice! Marinig ka ni Tanda!"** Balik nyang sigaw sakin.

Lower your voice?! Sya rin kaya sumisigaw.

Panibagong hallway na naman pag-akyat sa second floor. Pero huminto na kami sa unang sliding door. Binuksan ni Yuri yung pinto at pilit akong tinulak sa loob.

Nawala na yung Japan theme. Karaniwang kwarto nalang yung nakikita ko ngayon. Kahoy pa rin yung sahig. May King size bed, Study table, book self, desktop computer, electric guitar at marami pang anik anik. Kulay brown at coffee brown yung motif ng kwarto nya. Nagmuka tuloy wooden. May malaking kurtina na abot hangang sahig din sa gilid na sa palagay ko ay malaking bintana

Kung meron mang natitirang Japan theme yung walk in closet nalang siguro ni Yuri kung nasan sya ngayon.

Sliding door din kasi. Katabi ng walk in closet nya yung pinto ng CR. Kulay brown din, kung hindi lang siguro nakabukas yung pinto hindi mapapansing banyo yun.

Lumabas si Yuri mula sa walk in closet nya. Binato nya sakin yung towel.

**"Bilisan mong maligo."** Sabi nya at lumabas na ng kwarto.

Sa totoo lang nahihiya ako. Parang gusto ko ng umuwi. Nakakailang kasi, hindi ko naman alam na ganto kalaki yung bahay nila. Tapos Japan-japan lang.

Ang lagkit na ng pakiramdam ko. Baka magkasakit din ako nito. Kaya kahit labag sa kalooban ko pumasok na ko sa CR para maligo.

Ang laki! Bathroom ba ito? Parang panibagong kwarto lang. Dumiretso ako sa shower.

Ang daming liquid soap. Anung gagamitin ko dito? Baka magalit si Yuri kung gagamitin ko to? Kayalang eto lang sabon dito. Bahala na nga!

Pinili ko yung kulay pink na bote. Sakura ang nakalagay sa label. *Ang bango!*

Pagkatapos mag-shower dun ko lang na-realize. Wala pa lang binigay na damit sakin ang hinayupak.

*Panu to?*

Alangan nama'ng magpa-gala gala ako dito sa kwarto nya ng naka-tapis lang. Lumabas sya kanina, hindi ko sure kung bumalik na.

Lumapit ako sa pinto at bahagyang binuksan.

**"Yuri..."** Tawag ko.

Walang sumagot.

**"Yuri..."** Tawag ko ulit.

Wala na namang sumasagot.

*Okay.. Coast is clear!*

Lakas loob ako'ng lumabas ng banyo.

**"AY PALAKA!"** Sigaw ko.

May dalawa kasing babae'ng naka-kimono samay pinto.

Lumapit sakin yung isa at inaalok sakin yung hawak na damit.

**"Eto lang po ang meron kami. Wala po kasi kaming pwedeng ibang ipahiram sa inyo."** Sabi nung babae kabang nakayuko.

Kinuha ko yung damit. **"Okay lang.. Thank you."**

**"Kukunin na rin po namin yung maruming damit nyo."** Sabi nung isa at tuloy-tuloy na pumasok sa banyo.

Hindi na ko nakapag-salita. Tuloy-tuloy na sila eh. Tapos umalis na rin agad.

Bumalik ako sa banyo para magbihis. Long sleeve at pajama'ng kulay grey yung binigay nila sakin. Malaki sakin pero okay na to kesa wala.

*Hiphop!*

Lumabas na ulit ako. Wala pa rin ang Yuri, kaya naglibot at nangalikot na ko sa kwarto nya.

Una kong nilapitan ang napaka-laking kurtina'ng nagpapadilim sa kwarto nya.

Hawi dito, hawi doon. Laki-laki kasi tapos ang kapal-kapal pa. Hangang sa nakita ko yung nasa likod ng kurtina.

Meron syang napaka-lawak na balcony. Kahoy din ang sahig at glass sliding door ang naghihiwalay dito at sa kwarto nya.

*Lakas ng ulan!*

Mukang hindi pa rin ako makaka-uwi. 4pm pa lang pero muka ng 6pm dahil sa dilim ng langit.

**"Do you like the view?"** May bumulong sa tenga ko.

*Takte!* Hindi ako makagalaw. Ang lamig kasi nung hininga nung bumulong sakin. Nangilabot talaga ko ng husto.

*Multo.*

Bigla nalang hinawakan nung bumulong sakin yung kurtina at isinara. Kaya hinarap ko na sya.

*Ppfftt.. Yuri!*

Nakabihis na rin sya ng kagaya sakin. Long sleeve at pajama. *Teka!* Napatingin ako sa suot ko at suot nya.

Kanya ata tong suot ko. *Wew!* Kaya pala ang laki.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 28

**Tanda**

***Yuri's POV***

**"Ang yaman nyo pala.. Buong building sa inyo. Sino naman nagpatayo ng bahay na to dito sa rooftop?"** Tanung ni Jay-jay.

**"Si Tanda, gusto daw nyang maramdaman na hindi sya malayo sa home town nya kaya pinatayo nya to."** Sagot ko.

**"Ahh, Nasan pala ang parents mo?" T**anung nya ulit.

**"Nasa Japan, inaasikaso yung business namin don."** Sagot ko.

**"Bakit hindi kita naririnig na mag-Japanese kung Hapon ka naman pala?"**

**"Nasa Pinas ako kaya hindi naman kailangan na all the time mag-Japanese ako."**

**"Natural ba yang kulay ng buhok mo?"**

**"Hindi."**

**"Ginagaya mo si Sakuragi ng Slamdank?"**

**"Parang."**

**"Kamag-anak mo ba sya? Pareho kayong Hanamitchi."**

**"Hindi naman tao si Sakuragi."**

**"Ay oo nga pala. Eh *blah.. blah.. blah..*"**

Kanina pa sya ganyan. Tanung dito, tanung doon. Sinasagot ko nalang para hindi sya ma-bored. Baka kasi maisipan pa nyang lumabas at mahuli sya ni Tanda.

Sermon ang aabutin ko dun. Baka isipin na girlfriend ko tong babae na to. Ang alam ko bumalik sya ng Japan pero, bakit andito pa rin sya sa pinas?

*Kala ko solo ko na yung bahay.*

**"Marunong ka gumawa ng sushi?"** Tanung na naman nya.

Bakit ba ang daldal nitong babae na to? Nakakarindi nga talaga sya.

**"Hin---"** Napahinto ako.

Late ko na kasi napansin na nakatitig pala sya sakin habang nakangiti. Nakadapa sya sa kama ko at nakapatong ang baba sa dalawang kamay nya.

Napaiwas ako ng tingin at kuwaring may inayos sa study table ko, kung saan ako nakapwesto.

*Bakit ganito?* Bigla nalang ako nakaramdam ng hiya. Bumilis din ang tibok ng puso ko. Hindi naman ako ganito kanina.

**"Alam mo.. Binabawi ko na yung sinabi ko, magka-iba pala kayo ni Keifer."**

**"What do you mean?"** Tanung ko ng hindi pa rin tumitingin sa kanya.

**"Madali ka lapitan at kausapin."** Sagot nya.

*Shit!* I let my guard down. Mabilis akong naging kompartable at nalibang. Nakilala na ko ng babae'ng to agad.

Yeah... She's right. Hindi naman talaga kami pareho ni Keifer. Hindi naman ako stubborn or hot headed na kagaya nya. I'm approachable and friendly, but that was all before.

Before Ella hurt me. Hindi nya ko nagustuhan ng dahil sa kung sino ako. Kaya binago ko ang sarili ko hoping that she'll notice me.

*She never did and never will.*

Bakit ba mas gusto ng mga babae ang bad boy? Kagaya ni Keifer.....

...At Aries.

**"Mas gusto ko yung ganyan sayo."** Jay-jay said.

I don't know why, but those words gave a huge impact to me.

*Posible bang.....*

Nilingon ko si Jay-jay na kasalukuyang pagulong gulong sa kama ko. I'm about to open my mouth to speak but someone knock on my door.

**"Pasok!"**

Pumasok si Auntie, Mayordoma namin.

**"Young Master, pinapatawag po kayo ng Lolo nyo."**

Tumayo na ko para sana puntahan si Tanda pero may sinabi pa si Auntie na nagpahinto sakin.

**"Isama nyo daw po ang kaibigan nyo."**

*Oh fvck! Lagot na!*

Hay.. kahit labag sa loob ko, humarap ako kay Jay at sinenyasan syang sumunod sakin.

Kung sino mang madaldal ang nagsabi'ng may kasama ako. Yari sya sakin.

Dumiretso ko sa tanggapan ni Tanda. Nakasunod pa rin sakin si Jay. Lakad takbo ang ginagawa nya dahil sa bilis kong maglakad.

**"Bagalan mo naman.."** sabi ni Jay.

Pero hindi ko sya pinansin. Kailangan ko harapin si Tanda. Nakarating ako sa tanggapan nya. Hinintay ko muna si Jay bago buksan ang pinto.

**"Pag-harap mo kay Tanda mag-bow ka agad."** Bulong ko kay Jay.

Tumango lang sya sakin. Binuksan ko yung pinto. Hindi pa man din ako nakakahakbang papasok, may lumipad ng pinsel (brush) papunta sakin.

Muntik na ko tamaan. Hinarap ko agad si Tanda dahil sa inis.

**"Papatayin mo ba ko?!"**

**"Japa'nese!!"** Galit na sabi nya.

Eto problema sa kanya. Kailangan makaluma lahat ng bagay. Gusto nya'ng Japanese ang gamitin kong language kahit nasa bahay kami.

**"Ayoko! Nasa pinas ako, i'll use any language that i want!"** Sagot ko sa kanya.

**"*Bakero!*"**

Ayan na! Minura na ko! Galit na talaga sya. Nakipag-matigasan ako ng titig sa kanya.

**"Anu bang problema mo?!"** Tanung ko sa kanya. Bubuka pa lang sana ang bibig nya pero inunahan ko na. **"Magtagalog ka! Kundi lalayasan kita!"**

Halos umusok ang ilong nya sa sinabi ko. Hindi naman sya mananalo sakin. Nahihirapan kasi akong intindihin sya kapag nagha-hapon. Ang bilis mag-salita!

**"Wara ka garang! Dapat ikaw nakaupo bago bukas pinto!"** Galit na sita nya sakin.

Traditional way ng pagharap sa mga matataas o nakatatanda bago pumasok sa silid nila o tanggapan yung sinasabi nya. *Tss.* Hastle! Sakit kaya sa binti nun tapos yuyuko pa. Buti sana kung sandali lang gagawin yon.

Isa pang nakaka-inis dito sa matanda na to. Ang tagal tagal ng nagpapabalik-balik sa pinas tapos hindi pa rin matuwid yung tagalog nya. *Hirap intindihin!* Kahit mga kasama nya sa bahay sumasakit ang ulo sa kanya. Napipilitan tuloy mag-aral ng *nihongo*.

**"Bakit ikaw hinri suot *kimono* o *yukata*?"** Dagdag pa nito habang nakaturo sa suot ko.

Ang init kaya ng kimono at tinatamad naman akong magsuot ng yukata. Buti sana kung nasa Japan nga kami. Nasa pinas kaya kami! Palibhasa sya hindi mapakali ng hindi ganun ang suot. Mula yata pagsilang ganun na ang suot nya.

**"Nasa bahay lang ako! Bakit kailangan ko pa magsuot non?!"**

Tinignan nya ko ng masama at akmang babatuhin ng pamaypay ng mapatingin sya sa likod ko.

*Tsk! Si Jay nga pala!*

Nilingon ko sya at sinenyasan na lumapit.

**"Classmate ko."**

Biglang naging seryoso si Tanda at nagpabalik-balik ng tingin sakin at kay Jay-jay.

**"Anu pangaran mo?"** Tanung ni Tanda kay Jay.

**"Jasper Jean Mariano po... Jay-jay for short."** Sagot ni Jay sabay bow.

Bigla nalang ako binato ni Tanda ng pamaypay. *Masakit!* Sa ulo pa man din ako tinamaan.

**"Anu ba?!"** Sigaw ko kay Tanda.

Kainis kasi! Lagi nalang nambabato ng gamit. Minsan nga tinidor pa.

**"Gusto mo na mag-asawa?! Bakit nag-uwi ka ng babae?!"** Galit na galit na sabi ni Tanda. Napatayo na rin sya mula sa kinauupuan.

**"Sira ulo kaba?! Bakit ako mag-aasawa?!"** Galit na sagot ko sa kanya.

Masyado'ng advance tong matanda na to. Kaya ayokong magdala ng babae dito eh.

**"Bakit ikaw dara yan dito?!"** Tanung nya habang naka-duro kay Jay.

Napakapit naman si Jay sa braso ko. Hindi ko masisi kung matakot sya kay Tanda.

Napakamot ako sa ulo. **"Mahabang kwento!"**

Lalung naningkit ang singkit na mata ni Tanda. Muntik na sumara yung talukap ng mata nya.

**"Kayo may barak hindi maganda no?! Balak nyo mag----"**

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. **"Ang dumi ng isip mo!"**

Akmang huhugutin ni Tanda ang samurai na naka-display sa likod nya ng pumasok si Auntie.

**"Master... Handa na po ang hapunan."** Sabi ni Auntie.

Parang nawala ang topak ni Tanda na ngumiti at nag-aya sa dining.

**"Yuri... Lolo mo ba yan? Nakakatakot."** Bulong ni Jay.

Hindi ko na pinansin si Jay, lumakad nalang ako papunta sa Dining. Nakaupo na si Tanda sa trono nya pagdating namin dun. Todo ngiti pa sya kay Auntie habang inaasikaso sya. Nakakaasar talaga tong matanda na to. Basta pagkain bumabait.

Pinaupo ko si Jay sa tabi ko.

**"Kumain kana. Paghumina ang ulan, ihahatid na kita sa inyo."** Bulong ko sa kanya.

Tumango lang sya sakin. Kayalang mukang hindi alam ni Jay gumamit ng chopsticks.

**"P-panu ba to?"** Bulong nya habang pilit inaayos ang chopsticks sa kamay.

Muka syang tanga sa ginagawa nya. *Hay...*

Inabot ko sa kanya yung kutsara. Ako naglagay ng pagkain sa mangkok na puno ng kanin. Bahala na sya sumubo.

**"Sabihin mo Jay-jay... Kanino ka anak? Wara ako kilala Mariano?"** Tanung ni Tanda.

*Himala!*

Ayaw nya ng nag-uusap habang kumakain. Pero eto sya ngayon at nagtatanung.

**"Hindi ko po kilala yung Tatay ko. Yung Nanay ko po...."**

Halatang nag-alanganin si Jay na magsabi tungkol sa Nanay nya. Hindi ko masabi kung ikinahihiya nya o anu. Sabi ni Rory, marami naging asawa ang Nanay nya. Hindi siguro komportable si Jay-jay na pag-usapan yun.

**"Nakikitira sya sa mga Fernandez ngayon."** Singit ko.

Tinignan ako ni Jay. Alam kong nagtataka sya kung panu ko nalaman yun. Pero mukang hindi nalang nya pinansin.

Alam na ng lahat ng Section E na kila Aries sya nakatira. Syempre, courtesy of Ci-N.

**"Fernandez? *Ahh...* Kamag-anak mo Michaer Angero Fernandez? Bagong CEO ng Fer Corp."** Sabi ni Tanda.

Nagpalit na pala ng CEO ang company na yun. Si Angelo na pala. Wala na kong masyado'ng balita sa pamilya ni Aries. May sarili kasi akong buhay na dapat asikasuhin.

**"Uhmm.. Opo. Pinsan ko po sya."** Sagot ni Jay.

Tumango lang si Tanda at bumalik sa pagkain. Bakit pakiramdam ko may nilulutong kalokohan si Tanda sa utak nya?

Pagkatapos kumain pina-ayos ko na kila Auntie mga gamit ni Jay at hinatid ko na sya. Buti nalang at mabilis nawala ang baha.

**"Kaninong kotse to?"** Tanung ni Jay.

Ibang kotse na kasi ang dinala ko. Toyota Hilux na ang ginamit ko. Expected ko kasi ang baha malapit sa kanila.

**"Sakin..."** Bored kong sagot.

**"Yayamanin talaga..."**

Napatingin ako kay Jay-jay na busy sa pag-silip sa mga aparato ng kotse.

*Muka syang tao sa mula.*

**"Jay..."** Panimula ko, tinignan lang nya ko. **"...Tungkol sa Nanay mo. Nasan sya?"**

Hindi ko kasi maiwasan na hindi ma-curios. Medyo matagal bago sya sumagot.

**"Nasa bago nyang asawa."**

**"Kaya ba andyan ka kila Aries?"**

**"Hindi."** Umiwas sya ng tingin. **"...iba ang dahilan."** Halos pabulong nyang dagdag.

Hindi na ko nagtanung. Muka kasing sensitive issue. Dapat pala tinikom ko nalang ang bibig ko.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Phone Conversation***

**"Can i speak with Mr. Michaer Angero Fernandez? This is Yuori Hanamitchi."**

**"Yes Sir.. Just a moment."**

Phone was handed to Michael Angelo. He was confuse at first. This is the first time Mr. Hanamitchi contact him after declining there propasal few months ago.

**"Hello Mr. Hanamitchi?"**

**"Herow! Is this Angero?"**

**"Yes speaking."**

**"*Subarashii*!**(*Great!*). **Let's talk about your proposal. I will accept and sign it."**

Angelo almost jump but hold himself. Hanamitchi Group and Corp. is one of the biggest company in Japan. Having partnership with this company is a great opportunity. They already try to make a proposal before but decline by Mr. Hanamitchi himself.

**"..In one condition."** Mr. Hanamitchi added. **"..Let's talk about your cousin, Jay-jay."**

**"Jay-jay? What about her?"**

**"I will ter when we meet up."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 29

**Guidance**

***Jay-jay's POV***

**" *Rain rain go away... Come again another day... Little Jay-jay want to play... Rain rain go away...*"** Kanta ko habang naglalakad.

Umuulan pa rin pero hindi na ganun kalakas. Ambon nalang tapos medyo aaraw na tapos aambon pa rin at medyo uulan ng malalaking patak. Gulo diba?

Pagpasok sa room para'ng namatayan na ewan yung buong Section E. Napaka-seryoso ng mga pagmumuka. Si Ci-N ang unang lumapit sakin.

**"Jay... Pinapatawag daw kayo ni Keifer sa Guidance."** Seryosong sabi nya sakin.

Kinabahan naman ako bigla. Para kasing napaka-seryoso ng issue. Bakit naman kami ipapa----*shit!* Baka yung naging away namin sa Section D?!

*Hala!*

Nakita kong tumayo si Keifer mula sa kina-uupuan at lumapit sakin.

**"Tara na, para makabalik agad."** Sabi nya at naglakad na paalis.

Bago ko sumunod tinignan ko muna si Yuri na nakatingin din pala sakin.

*May usapan nga pala kami.*

Tumakbo ako para makasabay kay Keifer na ang bilis maglakad. *Haba kasi ng mga bias.* Sa bagong building ang Guidance. Kaya kita'ng kita kami ng ibang studyante.

Huminto kami sa tapat ng pinto. Huminga muna ko ng malalim para humugot ng lakas ng loob. Eto na naman, kailangan ko harapin to.

**"Mauna ka.."** utos ko kay Keifer.

*Hehe... Kinakabahan ako eh..*

**"Tss."** Sagot ni Keifer.

*The magical 'Tss' of Keifer.*

Kumatok muna sya sa pinto bago buksan. Bumungad samin ang assistant ni Ma'am----Hindi ko kilala Guidance Councilor namin. Lagi ko nakakalimutan ang pangalan nya.

**"Maupo muna kayo."** Sabi nung babae'ng assistant.

Mukang expected na kami. Hindi man lang tinanung kung aanu kami dun. Malay ba nya kung may itatanung lang kami.

Pumasok yung babae'ng assistant sa isa pang pinto. May ilang minuto rin siguro sya sa loob bago lumabas.

**"Pumasok na daw kayo."** sabi nya samin.

As usual pinauna ko ulit si Keifer. Pagpasok sa loob, napatigil agad ako. Andito yung dalawa'ng Section D na binanatan ko----namin pala. Magulang ata nila yung kasama nila.

**"Maupo kayo."** Utos samin ni Ma'am Reyalidad.

*Salamat sa name plate.*

Naupo kami sa katapat na bangko nung dalawa. Naka-cast at semento yung braso at binti nila. *Si Keifer may gawa nyan!*

**"Baka gusto nyong tawagan ang mga Guardian nyo?"** Tanung ni Ma'am Reyalidad sabay tulak ng telepono palapit samin.

Umiling lang si Keifer at ganun na din ang ginawa ko. Sino papuntahin ko dito? Si Kuya Angelo? Edi nakutusan ako nun. Hindi na noh!

**"Umpisahan na natin..."** Panimula ni Ma'am Reyalidad. **"Mr. Dela Cruz, pwede mo bang ikwento samin ang nangyari?"**

Nakita kong tumingin yung *Sementado ang binti* sa magulang nya bago nagsalita. Aminin! Kumukuha ng lakas sa magulang.

**"Naninigarilyo po kami sa likod ng Gym ng bigla nalang po lumapit samin si Jay, tinanung po namin kung anung ginagawa nya don at pinapa-alis na rin po namin sya. Bigla nalang po nya kami sinuntok at sinipa. Sinubukan po naming lumaban pero babae po kasi kaya hindi rin po namin kaya sya'ng saktan. Sinubukan po naming pigilan sya kahit tanggap nalang kami ng tanggap ng mga suntok at sipa nya. Pero dumating po si Keifer at ginawa samin to."** Litanya nung may Semento ang binti.

Bigla nalang ako natawa. Alam kong makakagalitan ako sa ginawa ko pero hindi ko kasi talaga mapagilan. Pati si Keifer natawa na rin.

**"Hahahahaha.. hahahaha.."**

*Tindi!*

Pwede na silang writer sa istoryang kinuwento nila. Haba-haba! May bawas at dagdag naman.

**"Ms. Mariano... Meron bang nakakatawa?"** Maotoridad na tanung ni Ma'am Reyalidad.

Umiling lang ako at yumuko.

*Yan! Kasi!*

Muling humarap si Ma'am dun sa dalawa. **"Mr. Marquez.. Sinasang-ayunan mo ba ang sinabi ni Mr. Dela Cruz?"**

Tinignan kami nung *naka-cast ang braso* bago tumango. Titingin pa! Tusukin ko kaya mata nito.

**"Malinaw na nanakit kayo ng istudyante. Fracture sa buto ang naging resulta ng ginawa nyo at isa sa kanila nasa ospital pa rin ngayon."** Sabi samin ni Ma'am.

**"Mrs. Reyalidad. Gusto naming ma-expelled ang mga bata'ng yan."** Sabi nung isa sa mga magulang.

*Expelled?!* Agad? Hindi ba pwedeng suspension muna. Grabe naman tong magulang na to!

**"Mrs. Dela Cruz, hindi po kami agad nag-gagawad ng expulsion..."** Sagot ni Ma'am.

Nakahinga ko maluwag dun. Kala ko malilintikan ako kay Kuya eh.

**"...Pero para sa kaso ni Keifer, pwedeng pwede igawad yon."** Dagdag ni Ma'am Reyalidad habang nakangiti ng mayabang.

Napatingin ako kay Keifer. Hindi ko nakikita'ng natatakot sya pero wala rin akong mabakas na galit. Para bang expected na nya yung sasabihin ni Ma'am.

**"Sa huling usap natin kasama ni Mr. Fernandez. Malinaw na pumayag kang gawaran ng expulsion sa susunod na may magulang na nagreklamo. Sa kaso ng Section D, magulang ng tatlong bata ang nagrereklamo."** Paliwanag ni Ma'am.

Eto ba yung dahilan kung bakit gusto ni Yuri na akuin ko lahat? Kasi matatanggal na si Keifer sa school. Kung alam naman pala ni Keifer na mangyayari to. Bakit nya pa ko tinulungan? Sana nagtawag nalang sya sa ng iba o kaya hinayaan nalang nya ko.

**"... Kaya Mr. Watson gusto kong tawagan mo ang magulang mo para mapag-usapan ito."**

Nakatingin lang si Keifer sa telepono.

*Keifer...*

**"Sandali lang Ma'am..."** Panimula ko. **"...Panu kung wala naman talaga'ng ginawa si Keifer sa kanila?"**

Sakin lumipat ang tingin nilang lahat. Bumilis ang tibok ng puso ko. Kaylangan ko'ng mag-isip ng idadahilan. My chance na hindi sila maniniwala.

**"Ms. Mariano... Kung sinusubukan mo lang pagtakpan si Mr. Watson----"**

**"Hindi ko po sya pinagtatakpan... Totoo yung sinabi ko. Ako lang ang may gawa nyan sa kanila. Dumating si Keifer dun para sunduin ako at awatin na rin."**

**"Iha.. Wag mong mamasamain pero babae ka at hindi kaya ng isang babae'ng gawin to sa anak ko."** Sabat ng isa sa magulang.

Hindi ko sya sinagot. **"Ma'am Reyalidad, alam kong alam nyo yung mga records ko sa dati kong school. Kaya alam nyo rin na kaya ko yung gawin."**

Hindi nagsalita si Ma'am. Nakatitig lang sya sakin. *Badtrip!* Ayoko sana'ng banggitin yung mga records ko, pero kailangan.

**"N-naniniwala ako kay Ms. Mariano. Kaya nya nga'ng gawin ang mga ganu'ng bagay."** Sagot ni Ma'am habang sakin pa rin nakatingin.

**"Ma'am! Wag kayong maniwala dyan! Pinagtatakpan lang nya si Keifer!"** Singit nung may *Cast sa braso.* Si Marquez ata ito.

**"Hindi ko sya pinagtatakpan!"**

**"Sinungaling! Sya may gawa sakin nito!"** Sabay turo sa braso nya.

**"Bakit naman gagawin yan sayo ni Keifer?!"**

Hindi sya makasagot. *Kasi hinampas mo ko ng kahoy at balak mong ulitin yun pero naabutan ka ni Keifer.* Hindi mo masabi no?!

Napangisi ako. Mukang nakuha ko yung tamang tanung para sa kanya. Edi nanahimik sya.

**"Mr. Marquez.. Si Keifer ba ang may gawa nyan sayo?"** Tanung ni Ma'am Reyalidad sa kanya.

Kahit ayaw nyang sabihin at obvious na papipilitan. **"S-si Jay-jay po..."**

**"Kung ganun Ms. Mariano. Tawagan mo ang Guardian mo... Kailangan ko silang makausap para sa expulsion mo."**

*Ay tang'na! Hindi ko naisip yun!*

Natural inako ko, kaya sakin ang parusa. *Ang tanga mo Jay!* Lagot ako kay Kuya Angelo.

Kahit tunay na labag sa kalooban ko. Number ng telepono sa bahay ang tinawagan ko. Si Tita nalang sana ang papupuntahin ko.

**["*Hello?*"]**

*Takte! Malas!* Boses ni Kuya Angelo ang nasa kabilang linya. Yari talaga ko nito. Bakit ngayon pa sya umuwi sa bahay?

**["*Hello?*"]** Tanung ulit nya.

**"H-hello... Kuya, si Jay-jay to."** Sagot ko.

Mabilis ang tibok ng puso ko. Na-iimagine ko na yung mga sasabihin nya sakin.

**["*Jay? Bakit?*"]**

**"Anu kasi..."** Nakatingin silang lahat sakin. Medyo awkward. **"...Pwede ka bang pumunta dito sa school?"**

Kahit kasi hindi sya ang papuntahin ko. Sya pa rin ang pupunta.

**["*Jay...*"]** Banggit nya na puno ng dismaya.

Yung feeling na alam na nya yung reason. Lalu akong kinabahan.

**"Uhmm.."**

**["*Okay... I'm on my way.*"]**

Binaba nya yung telepono kaya ganun na rin ang ginawa ko. Humarap ako kay Ma'am.

**"Papunta na daw po sya."** Sabi ko.

Napatingin ako kay Keifer na titig na titig sakin. Walang reaksyon. Para bang hinihintay nya ang magiging reaksyon ko. Hindi ko nga rin alam kung ngingiti ba ko sa kanya para masabing okay ako. Kayalang hindi ako okay...

Hindi naman ako natatakot sa expulsion na yan. Dati pa sakin pinaparusa yan sa dati ko'ng school pero hindi matuloy-tuloy sa hindi ko malamang dahilan.

Kahit alam kong tuloy na ngayon hindi pa rin ako natatakot. Yung galit ni Kuya Angelo ang iniisip ko. Nagawa nga nyang ibalibag yung bangko sa ospital sa galit nya sakin dati.

*Hay...*

May 20 minutes din kaming naghintay bago dumating si Kuya. Pagbukas ng pinto parang nakakita ng multo si Ma'am Reyalidad at pati yung dalawang Section D.

Hindi naman galit yung itsura nya pero seryosong seryoso. Napatingin sya samin ni Keifer.

**"M-Mr. Fernandez... Maupo ka."** May halong kaba yung boses ni Ma'am.

*Nakakatakot ba si Kuya? Sabagay ako nga natatakot.*

**"Okay lang. Pwede bang malaman kung bakit nyo ko pinatawag?"** Diretsong tanung ni Kuya.

Tumingin muna sakin si Ma'am bago sagutin ang tanung ni Kuya.

**"Ah kasi... May reklamo kasi ang magulang ng mga bata'ng ito."** Turo ni Ma'am dun sa dalawa.

Tinignan din ito ni Kuya at tumingin samin. **"Sino ba ang nirereklamo nila? Si Jay-jay o si Keifer?"**

Napatingin ako kay Keifer. *Panu nya nakilala ang mokong na to?* Teka, sya ba yung tinutukoy na Mr. Fernandez ni Ma'am kanina. Akala ko si Aries yon dahil silang dalawa tong alam kong magkakilala. Pati pala si Kuya Angelo kilala nya.

Umiwas ng tingin si Keifer. Halata rin na hindi sya masaya'ng andito si Kuya.

**"A-ang totoo, dalawa po silang nirereklamo pero inaako ni Ms. Mariano ang insidente."** Paliwanag ni Ma'am.

**"Gusto kong pag-usapan ang mga nangyari. Ako na mananagot sa ginawa nila'ng dalawa----"**

Biglang tumayo si Keifer at tinignan ng masama si Kuya. **"I don't need your help at isa pa si Jay-jay lang ang may kaso hindi ako.."** Sabi nya at naglakad palabas ng Guidance office.

*Close ba sila? Bakit ganun ang asta ni Keifer kay Kuya?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 30

**Explain**

***Keifer's POV***

**"Asan si Jay?"** Tanung sakin ni Ci-N.

Nauna na kong bumalik sa room. Hindi naman ako kailangan don. Sinalo na ni Jay ang kaso'ng dapat na para sakin. Which is a good thing for me.

**"Nasa guidance with her guardian."** Bored kong sagot.

Naupo ako at nagrelax. Sure naman akong hindi mapapahamak si Jay-jay. Si Angelo ang kasama at backer nya. No wonder why Ms. Zaragoza wants to move her to a different section.

**"Anung nangyari? Ginawa ba nya yung inaasahan mo?"** Tanung ni Yuri.

**"Yeah... She did. Handa nga syang tanggapin ang expalltion."**

Tinignan ako ni Yuri na may halong pag-aalala. *Worried?*

**"...Dumating naman ang guardian nya. Bigatin nga eh."** I added.

**"Who?"**

**"It was Michael Angelo Fernandez... He look different from the last time that we met."**

**"Balita ko nga sya na CEO ng Fer Corp."**

*Really?!*

**"Kaya pala lalong umangas ang tropa mo... Sure akong papasok na rin sa company si Aries."**

It's true, alam kong gagawa ng paraan si Aries para mas umangat. Yun nga lang, makaka-angat pa kaya sya sa information na hawak ko laban sa kanya.

**"I don't care about there company, basta hindi pa rin tinatanggap ni Tanda ang proposal nila. Ayos na ko don."** Yuri said.

**"Hindi ko alam kung anung usap sa company namin at sa kanila."**

**"Kasi wala kang paki-alam."**

I chuckled. **"Yeah..."**

I really don't care about anything that involve our company. Sakin pa rin naman ang bagsak ng pera nun. Maghintay lang ang tanging ginagawa ko.

**"What's your next step? Your done with the test for Jay, right?"**

*Am i?*

I smirk. **"Few more test and my plan begins."**

++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Unbelievable! Promise?! Promise my ass!"** Sigaw ni Kuya habang nagmamaneho.

Umpisa pa lang yan. Wala pa yung part na mangbabalibag sya ng gamit. Kasi naman... Sana talaga si Tita nalang nakasagot ng tawag ko.

Bigla nalang hinampas ni Kuya yung manibela ng kotse nya. Aaminin ko natatakot na ko.

Pinalabas nila ko ng guidance office bago pag-usapan yung mga eklabu-eklabu. May 30 minutes lang yung usap. Paglabas ni Kuya, okay na daw pero hindi muna nya ko pinapasok.

Ipapaliwanag daw muna nya sakin yung pinag-usapan nila. From the start nga lang na nagsalita sya kung anu-anu na sinasabi nya.

**"Alam mo bang nawala na yung chance mo na malipat ng ibang section?!"** Tanung ni Kuya. Bubuka pa lang sana yung bibig ko para magsalita pero nauna na sya. **"Of course you know it! Or maybe not! I don't know! You don't know!"**

Kasama din yan sa ginagawa nya kapag nagagalit. Sinasagot yung sariling tanung nya. Muka sya'ng praning.

**"Hindi ka nga na-expelled pero babantayan kana rin ng school guidance! Kagaya ng ginagawa nila kay Keifer and Yuri!"**

*Huh?! Kilala rin nya si Yuri?!*

**"Panu mo nakilala si Yuri----"**

**"DON'T FVCKING CHANGE THE TOPIC!!"** Sigaw nya na nagpayanig sa katawan ko.

*Sabi ko nga hindi na nga...*

Napayuko nalang ako. Nawala sa isip ko na kapag nag-speech sya bawal sumingit.

**"Suspended ka dapat pero two weeks nalang bago periodical nyo kaya hindi ka pwedeng mawala sa klase!!"**

*Tsk! Yun pa nga pala.*

Kailangan kong ayusin yung pag-aaral ko. Kayalang panu ko gagawin yun kung puro sakit sa ulo yung nangyayari sakin.

**"Ang hirap maki-usap!!"**

Yung totoo... Kanina ko pa talaga gusto'ng magsalita. Hindi ko kasi alam kung saan kami papunta.

**"You promise na wala ng away! But fvck! I forgot, promise are meant to be broken!"**

*Hala! Humugot pa!*

**"Anu nalang sasabihin ni Mama?! Nila Tita?! Pati ni Lola?! Si Dad pa pala!"**

Kulang nalang banggitin nya pangalan ng buong angkan.

**"Dapat yata pagsamahin ko kayo ni Aries para mabantayan ka?!"**

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Naknang... *Wag na wag mong gagawin yan.* Baka magkaroon ng civil war.

**"Pinilit kong ipasok ka sa school na yan... Ending?! Another record!"**

*Wew! Kelan ka pa kaya matatapos?*

**"Kailangan ko pang puntahan yung student na nasa ospital!! Wow Jay! Wow!"**

*Wow Magic sing...*

**"Anung balak mo?!... Syempre wala! Na-asikaso ko na eh!"**

*Tanung mo sagot mo...*

Bigla huminto yung kotse. Nasa parking na pala kami ng malaking building. Bakit kami andito?!

Bumaba si Kuya kaya naman sumunod na rin ako. May nakita kong tarpaulin na bumabandera sa parking.

Muka ni Kuya Angelo at may nakalagay na *Fer Corp!*

*Nasa Fer Corp kami?!*

Umaano kami dito?! Ngayon palang ako naka-punta dito. Mabilis ang lakad ni Kuya papunta sa building kaya lakad takbo ang ginagawa ko.

Pag-pasok sa loob, receptionist agad ang nilapitan ni Kuya. Gawa sa marmol yung lamesa nila. *Yayamanin!*

May kinuhang ID si Kuya at pinasuot sakin yung lace.

*Visitor's Pass.* Ang nakalagay sa ID. May lumapit na babaeng naka-skirt kay Kuya. Ang sexy nya tignan, pero ang dami nya'ng dala. Puro mga kumpol na papel.

Nag-lakad sila papunta sa kung saan. Ako naman nakasunod lang. Pinagtitinginan din ako. Kasi naka-uniform pa ko. Baka iniisip nila nag-cutting ako.

Pumasok sa elevator yung dalawa. Again, sunod na naman ako. Kung anu-anu pinag-uusapan nila na hindi ko naman maintindihan.

Paglabas namin ng elevator. Lakad na naman sila, sunod na naman ako. *Anu ba to?! Kapagod ah!*

Sa wakas, pumasok sila sa isang kwarto na mukang opisina ni Kuya. Ang laki! Kagaya sa mga napapanood ko sa tv. May table na malaki, sofa set sa gitna, flat screen TV, my speaker din at bookshelf na tadtad ng libro.

Tutal busy naman sila, ikot-ikot muna. Puro novel yung mga libro. *Taray... Nagbabasa pala si Kuya.* Sinubukan kong kumuha ng libro, na sana pala hindi ko nalang ginawa.

Nagbagsakan na yung ibang libro. *La! Hindi ko sadya.*

Ngiwi akong tumingin kay Kuya na nilulusaw na ko ng masamang titig.

**"Leave us."** utos ni Kuya dun sa babae'ng kanina nya pa kausap.

Paglabas nung babae, nag-iba na ang awra nya. Muka ng papatay ng tao. *Yari!* Pinaupo nya ko sa sofa at ganun din ang ginawa nya.

**"Kindly explain..."** Sabi ni Kuya.

*Explain ang alin?*

**"H-hindi ko alam na magkakapatong yung libro----"**

**"Not that! I'm talking about the incident with the three students!"**

*Galit na!* Anu pa nga bang gagawin ko? Edi explain ang nangyari. Sinimulan ko sa part ng pagsugod sakin ng Section D. Ayokong sabihin yung kay Freya.

Sinabi ko na rin yung totoo na si Keifer talaga yung gumawa nun sa mga Section D at sinalo ko lang dahil ma-expelled sya.

**"Trying to be a Hero?"**

**"Hindi naman... Parang bawi lang dun sa ginawa nyang pagtulong sakin."**

Huminga ng malalim si Kuya. Mukang nabawasan na yung galit nya sakin.

May biglang kumatok sa pinto at pumasok ulit yung babae'ng kausap nya kanina.

**"Sir... Start na po ng meeting nyo."** Sabi nung babae.

Tumango lang si Kuya at tumayo. Meron syang kinuha sa wallet nya at inabot sakin.

**"Libangin mo muna ang sarili mo... Mag-mall or kumain sa resto. Basta mamaya kana umuwi, hindi pa kami nag-uusap ni Mama."**

Kinuha ko yung inabot ni Kuya. Credit card pala. Eto yung mahiwaga'ng wallet na maraming laman. *Astig!*

**"Pwede akong bumili ng kahit anu dito?"** Tanung ko kay Kuya.

Tumango lang sya at nagpa-alam na aalis na. Tinitigan ko yung Credit Card.

*Light Bulb!*

Mabilis akong tumakbo palabas ng office ni Kuya. Ang higpit ng hawak ko sa Credit Card. Mahirap na, pagkakataon ko na kaya. Matagal ko na kasi gusto'ng bumili ng.....

*Kinagabihan....*

**"Aanhin mo naman yan?!"** Tanung ni Tita sakin.

Ang totoo hindi ko alam. Gusto ko lang talaga'ng bilhin to'ng electric pencil sharpiner. Bumili na rin ako ng bike, para may service ako pagpasok. Namili na din akong cellphone. Latest model ng cellphone syempre.

Naiinggit kasi ako kila Yuri at Keifer puro iPhone ang gamit. Si Felix at David naman, latest model ng samsung. Si Ci-N samsung din na last year model. Yung ibang classmate ko puro mga touch screen. Cellphone ko nalang yung may keypad.

**"Hindi ko po alam."** Sagot ko habang nakangiti.

Hindi na kasi kami gumagamit ng lapis kung hindi kailangan. Puro ballpen na. Natuwa lang talaga ako.

**"Sana bumili ka na rin ng mga damit."**

*Damit na naman?!* Dami ko na kayang damit.

**"Tita, hindi ko pa nasusuot yung mga bigay ni Kuya tapos bibili na naman ako."**

**"Ayaw mo kasi----"** Napatigil si Tita sa pagdating ni Aries.

**"Ma! Kaninong bike tong na sa garahe?!"** Sigaw nya.

*Akin!*

Pagpasok ni Aries, us usual inirapan na naman ako. Humalik lang sya sa pisngi ni Tita at umakyat na.

Wala eh! Iwasan talaga kami. Kapag nasa sala sya sa kwarto ako minsan kusina. Nasa sala ako nasa kwarto sya. Kapag andito si Kuya pareho kaming nasa sa sala.

**"Ayaw ka pa rin kausapin?"** bulong ni Tita.

Umiling lang ako. Aware naman kasi si Tita sa *hindi pansinan effect* na yan. Pero hindi nya alam yung totoong dahilan.

Ayokong sabihin.

*Ay teka!*

Hindi pa nga pala alam ni Tita yung nangyari kanina sa school. Wala pa kasi si Kuya.

*Masesermunan ako nito!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 31

**Mica**

***Jay-jay's POV***

*Asan ka?!*

Punyeta'ng Pikachu yan! Kanina ko pa hinahanap hindi ko makita. Anim na Pokemon na yung in-ignore ko. Lumabas na *Sightings,* tapos biglang nawala.

**"Aware ka bang muka kang tanga dyan sa ginagawa mo?"** Tanong ni Yuri.

Hindi ko sya pinansin. Kanina pa kasi ako lakad ng lakad sa harap ng room namin. Gusto ko kasi talaga'ng makuha si Pikachu. Poke-stop din kasi yung munomento ni Rizal sa harap ng school, kaya kapag nag-Lure. *Alam na!*

**"Ayun! Ayun! Ayun!"** Sigaw ko ng lumitaw si Pikachu.

Bato ng Pokeball.

**"Huli!"** Sigaw ko habang winawagayway ang cellphone.

**"Sinong nahuli mo?!"** Excited na tanung ni Ci-N.

Sya kasi nag-lagay ng Pokemon Go sa cellphone ko. Tinuruan din nya ko kung panu maglaro. Nakaka-adik pala talaga.

**"Pika'chu!"** Sagot ko na ginagaya ang boses ni Pikachu.

**"Nice.."** sabi ni Ci-N.

**"May pikachu dito?"** Tanung nung isang classmate namin.

Pati yung ibang ulupong lumabas na rin at naglabas ng phone para hanapin si Pikachu. Meron din pala silang Pokemon Go.

*Ako nalang talaga yung nahuhuli.*

**"Tss."**

Si Yuri o si Keifer?

*Si Yuri...*

Wala pa yung hari ng nga ulupong. Hindi ko alam kung nasaan. Wala rin akong balak alamin.

**"Anong meron?"** Bungad ni David samin. Kakarating lang kasi nya.

**"Pokemon."** Sagot ni Ci-N.

Nilabas ni David yung phone nya. Pati sya may Pokemon Go. Naglalaro din pala sya.

*Pppffffftttt.*

Sa totoo lang nakaka-gutom tong ginagawa namin. Pumunta muna kong Cafeteria para bumili.

*Hep!* Sa likod ako dumadaan. Kasabwat ko si Ate'ng Lilia na tindera. Sya yung binigyan ko ng tip dati. Tropa tropa na kami ngayon.

**"Ate!"** Bati ko sa kanya.

**"Wag ka maingay... Baka may makarinig sayo."** Pagbabawal nya sakin.

**"Hihi Sorry... Pabili akong tubig."**

Mabilis sya'ng pumunta sa loob para kumuha ng bottled water. Pagbalik nya, dun ko palang binigay yung bayad.

**"Salamat.."** sabi ko at umalis na.

Nauhaw talaga ko. Meron naman ako'ng baong pagkain sa bag. Syempre delikado sa mga ulupong yun.

Aalis na sana ako ng may mapansin ako sa basurahan sa likod pa rin ng cafeteria.

*May tao!*

Dahan-dahan pa ang paglapit ko, baka kasi kung anu'ng ginagawa dun. Babae, nakauniform pa at......umiiyak?

**"Miss?"** Pagtawag ko sa atensyon nya.

Tumingin sya sakin at kita'ng kita ko ang pamamaga ng mata nya. Kasabay nun ang itsura nya'ng takot na takot sakin.

**"Please! Wag mo'ng sasabihin kay Aries na andito ko! Nakiki-usap ako sayo!"** Paki-usap nya at bigla'ng lumuhod.

**"Hala! Teh! Tumayo ka!"**

**"Nagmamaka-awa ako!"**

**"O-oo! Hindi ko sasabihin! Tumayo ka lang!"**

Huminahon sya sa pag-iyak at unti-unti'ng tumayo. Inayos nya yung sarili at dun ko lang sya nakilala. Si Mica.

Madumi din ang istura nya at may kaunti'ng galos.

**"Mica? Tama?"** Tanung ko.

Matipid na tango lang sinagot nya sakin.

**"A-anung nangyari sayo?"**

Hindi sya sumagot pero patuloy sya sa pagpunas ng luha nya. Hindi ko sure kung kilala nya ko, pero alam kong natatakot sya na baka sabihin ko kay Aries na andito sya.

**"Wag ka mag-alala.. hindi ko sasabihin kay Aries. Hindi rin naman kami *close*."** Sabi ko at ngumiti sa kanya.

Halatang na-iilang pa rin sya pero pinilit mag-salita.

**"K-kasi... Y-yung mga S-section D. S-sila may gawa s-sakin nito."** Sagot nya.

*Section D?! Na naman?!*

**"Bakit?"**

**"H-hindi ko alam... P-pero alam kong s-si Aries may utos non."**

*Lintik!* Dahil siguro to dun sa '*malandi*' incident.

**"Kelan pa nila ginagawa sayo to?"**

**"Simula nung... Nagka-gulo kayo nila Freya."**

Sabi na eh! Dapat talaga sinabi ko na yung totoo kay Aries. Hindi man lang nya inalam kung totoo yung sinasabi nung Freya'ng bruha na yun. Lalo pa tuloy lumaki ang gulo pati inosenteng tao kagaya nya nadadamay.

**"Wala man lang tumulong sayo? Hinahayaan ka lang ng mga classmate mong ganito?"** May halong pagka-irita na yung boses ko.

Anu to? Walang kaibigan?! Wala man lang dumamay or nagtanggol sa kanya.

**"W-wala... S-si Ella sana, kaso h-hindi pa sya pumapasok."**

Anu ba yan? Kawawa naman tong babae na to. Hindi ko sya pwedeng iwan dito ng ganito yun itsura. Baka balikan din sya ng mga impakto'ng Section D na yun. Hindi rin malabo na mas lalo pa syang pahirapan.

**"Sumama ka muna sakin. Hindi kita pwede'ng iwan dito baka balikan ka ng mga Section D."** Aya ko sa kanya.

Hinawakan ko yung kamay nya pero binawi din nya agad. Para'ng may kung anu'ng pumipigil sa kanya.

**"H-hindi pwede..."** Sabi nya at umiwas ng tingin.

*Tsk!*

**"Bakit? Don't worry hindi kita daldalhin kay Aries."**

**"H-hindi yun... Kasi... Anu..."**

*Anu na naman?!*

**"Tsk! Si Calix ba?"**

Medyo nagulat pa sya pero napayuko nalang bago tumango. *Sabi na eh!* Panu to? Hindi ko naman sya pwedeng iwan.

**"Wala kang choice... Kesa iwan kita dito baka kung anu'ng mangyari sayo."**

**"K-kasi..."**

**"Wag ka nalang lumapit sa kanya."**

Wala talaga syang choice. Kaya kahit labag sa loob nya sumama na rin sya sakin. Wala ng masyado'ng istudyante kaya walang makakakita sa itsura nya, kanina pa kasi nag-bell.

Dumiretso muna kami sa CR. Kailangan nyang malinisan. Pati mga galos nya sa braso at tuhod, kailangan ding mahugasan.

Walang tao sa loob. Tinignan ko na rin yung mga cubicle. Wala ding tao, pero multo meron. *Charot!*

*Takot ko nalang kung meron nga!*

Kinuha ko yung panyo ko at binasa. Pinunasan ko yung muka nya. Namumula yung pisngi at leeg nya. Mukang pinag-buhatan sya ng kamay at sinakal.

Nilinis na rin nya yung uniform nya.

**"Maligo kana kaya..."** Bulong ko.

**"Huh?!"**

**"Wala..."** Sagot ko.

Habang nag-aayos at nag-lilinis, may bigla lang ako'ng naisip.

**"Mica..."** Panimula ko. **"...sabihin mo nga, *maldita si Freya.*"**

*Malandi si Ella* dapat yung ipapasabi ko. Kayalang baka may makarinig samin. Okay na yung *Maldita si Freya.*

**"B-bakit?"**

**"Basta.. artihan mo ah?"**

Kahit hindi sya sigurado, inihanda pa rin nya ang boses nya sa pag-ubo.

**"*Maldita si Freya.*"** Sabi nya ng may maarteng boses.

Napag-appear ko ang kamay ko habang nakangiti. **"Confirm!"**

**"Huh?!"**

**"Si Freya ang nagsabi nun, hindi ikaw. Kahit maarte yung pananalita, mababa pa rin ang boses mo."**

**"Bakit?"**

**"Na-alala ko kasi yung boses nung nagsabi ng '*M*' word. Maarte'ng mataas ang boses. Freya talaga!"**

**"Jay... Kahit naman sure ka kung sino nagsabi nun, walang saysay yun kung hindi ka papakinggan ni Aries."**

May point sya dun. Kaya kailangan kong mag-isip ng paraan para makausap si Aries at maniwala sya sakin.

**"Bahala na yun.. Iisip ako ng paraan para dyan."**

Tumango lang si Mica at tinuloy ang ginagawa. Pagkatapos nya, kahit parang wala'ng nagbago sa itsura nya hinatak ko sya papunta sa room ng Section E.

Pagdating dun, nakita ko pa si Ci-N sa may pintuan. Muka'ng wala kami'ng teacher.

**"Jay.. San ka----La! Bakit kasama mo yan?!"** Bungad sakin ni Ci.

Hindi ko sya pinansin at tuloy-tuloy na pumasok sa room. Syempre dahil si Mica ang kasama ko, si Calix ang unang nag-react sa itsura nya.

**"Mica!"** Tawag ni Calix at tinangka'ng lumapit dito.

Agad na nagtago si Mica sa likod ko. Muka'ng nakaramdam naman ang Calix at ako nalang ang hinarap.

**"Anu'ng nangyari?"** Tanung nya sakin.

**"Mahabang kwento pero dito muna sya."** Sagot ko.

Pinaupo ko sya sa bangkuan katabi ng sakin. Pati ibang classmate namin lumapit na rin at naki-usyoso.

Kinuha ko yung alcohol sa bag ko at agad na nilagyan ang sugat nya sa tuhod.

**"Aw.."** pabulong na reklamo ni Mica.

**"Jay! Dahan-dahan!"** Sigaw sakin ni Calix.

*Pisti'ng to!* Magkatabi lang kami! Kailangan naninigaw?!

**"Lakas mo pa... Hindi ako nabingi."** Sarcastic na sagot ko kay Calix.

Kinuha ni Mica yung bote ng alcohol sa kamay ko. **"Ako nalang..."**

**"Hindi ba magagalit si Aries kapag nalaman nyang andito yan?"** Sabi ni Kit.

**"Galit na nga eh..."** Bulong ko.

Para kaming mga ewan na nagkukumpulan dito. Anu kaya'ng pwede'ng gawin sa kaso ni Mica?

Problema pa yung mga Section D na yon. Dapat ko pala syang ilayo sa mga yon. Tapos kakausapin ko si Aries tungkol dito. Sana lang makipag-usap sya.

**"Anong meron?"** Tanung ni Yuri na kakapasok lang sa room, kasama si Keifer.

Napatingin ako at yung iba pa sa kanila. Wala'ng nagsasalita. Hangang sa lumapit si Keifer samin. Agad na nagsalubong ang kilay nya ng makita si Mica.

**"What is she doing here?!"** Ma-otoridad na tanung ni Keifer sakin.

**"Kailangan ko syang ilayo sa Section D----"**

**"Kaya dito mo sya dinala?!"**

**"P-parang ganun na nga..."**

**"Tss."**

Kita ko yung pagka-irita ni Keifer. Napahawak na rin sya sa sintido nya.

**"Keifer... Dito muna sya please."** Paki-usap ni Calix.

Lumapit na rin si Yuri samin. **"Panu kung tayo ang pag-initan ng Section D?"**

**"Edi haharapin ko sila."** Sagot ni Calix.

**"No... She can't stay here."** Singit ni Keifer.

Napatayo ako mula sa kina-uupuan. **"Keifer naman! Hindi ko pwede'ng hayaan si Mica sa Section D! Panu kung gawin din nila sa kanya yung ginawa nila sakin?!"**

Tinignan ako ni Keifer sa mata. Seryoso'ng seryoso sya.

**"Hindi tayo pwede'ng maki-alam sa gulo nila."** Sagot nya sakin.

Napabuga nalang ako ng hangin sa sinabi nya. Wala man lang bang awa si Keifer? Andun na ko sa ayaw nga nya'ng maki-alam, pero babae si Mica.

Panu kung tama ako at gawin din sa kanya yung ginawa sakin? Buti sana kung makakaganti si Mica sa kanila or tutulong sya kagaya----*teka!*

**"Ayaw mong maki-alam sa gulo nila pero sa away ko naki-sali ka."**

Tinignan ulit nya ko na para bang nag-iisip. Mukang dinamdam yung sinabi ko.

**"Iba yun.. iba ka.. iba sya.."** sagot nya sakin.

**"Hindi iba yun... Away ko yun sa D pero dumating ka para tulungan ako."**

Lalu syang nairita sa pag-sagot ko sa kanya. Tama naman ako eh! Kita ko yung pag-kagat ni Keifer sa labi nya at umiling-iling.

Hindi masama'ng maki-alam kung maganda ang intensyon ng pangingi-alam.

Sana lang hayaan nya muna si Mica dito.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 32

**Mica & Calix**

***Jay-jay's POV***

**"Sorry Jay.."**

**"Okay lang Mica..."**

**"Sorry talaga..."**

Aaarrrggghhhh... Pauli-ulit! Unlimited?! Kung may bayad lang ang bawat sorry ni Mica sakin nakabili na ko bagong sapatos. Baka meron pa kong pangload isa'ng buwan.

Wala naman sya kasalanan. Si Keifer kumag talaga dapat sisihin dito. Hindi talaga sya pumayag na mag-stay si Mica sa room. Akala mo sya may-ari ng building.

Ending? Naglalakad kami ngayon ni Mica, pauwi sa kanila.

Hindi kasi ako pumayag na iwan sya. Hindi kakayanin ng konsensya ko. Buti sana kung marunong sya ng self defense.

*Hindi na ko nakapasok.* Absent ang lola nyo.

**"Tingin mo sumusunod pa rin sila?"** Bulong sakin ni Mica.

**"Hindi ko alam..."** Sagot ko.

Pasimple ako'ng lumingon sa likod namin. Alam kong sumunod samin si Calix, dahil syempre kay Mica. Ang hindi ko lang maintindihan, kung bakit pati si Ci-N at David sumama sa kanya.

Nakikita ko pa rin sila na busy kuwari sa paghahanap ng Pokemon. -_-

Sa itsura ni Calix, alam kong nag-aalala pa sya para kay Mica. Bigla ko tuloy naisip yung love letter na nakuha sa second floor ng building namin.

**"Mica... Okay lang ba kung magtanung ako, tungkol sa inyo ni Calix?"** Tanung ko sa kanya.

Tinignan muna nya ko na para'ng nag-isip bago nag-pilit ng ngiti. **"Okay lang.. "**

**"Anu ba talaga'ng nangyari sa inyo?"**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Calix's POV***

Naiinis ako sa sarili ko. Ang lapit lang nya pero parang sobrang layo. Gusto'ng gusto ko sya'ng yakapin at halikan. Hawakan ang kamay at hagkan.

Pero malabong mangyari yun. Ayaw na nya sakin. She hate's me. She don't want me. I know she still love's me but she choose to stay away from me. Sobra ako'ng nagsisi sa mga ginawa ko sa kanya dati. Kung sana hindi ko sya sinaktan, hindi to mangyayari.

Kung pwede ko lang ibalik yung oras. Dapat nung araw palang na natanggap ko ang sulat nya, pinahalagahan ko na.

***Flashback...***

**"Pare! Another love letter..."** Felix said handling another love letter.

It's so annoying! Oo na... Alam ko gwapo ako pero hindi love letter ang kailangan ko.

**"Tsk! Tapon mo!"** Utos ko sa kanya.

Tinignan ako ng masama ni Felix. **"Hindi mo ko utusan! Tapon mo mag-isa mo!"**

Binato nya sakin yung Love letter. *Problema nito? May PMS ata.*

Kinuha ko yung love letter at tinapon sa labas. Muka namang basurahan yung harap ng room namin kaya okay lang yan.

**"Kaya ang kalat sa harap ng room natin eh."** Reklamo ni Ella habang umi-iling.

Ngumiti lang ako sa kanya. Ang ganda talaga ni Ella, kung sana naging akin lang sya.

**"Wag kang ngumiti ng ganyan... Ang creepy mo."** Sabi nya sakin.

Ngumiti ako ng mas malapad at tumingin sa kanya. Muka ako'ng gagawa ng kalokohan sa ngiti ko.

Natawa naman sya. **"Tigil mo nga yan."**

**"Pilitin mo ko..."** Pang-aasar ko.

Hinampas nya ko sa braso. Ganyan lang kami'ng dalawa. Hangang kulitan at kasatan lang. Alam ko nama'ng kasi'ng wala ako'ng chance.

Buo'ng klase na ata ang nakaka-alam na gusto sya ni Keifer. Sya nalang to'ng manhid. Kung makikisali pa ko sa love story nila baka sapakin ako ni Keifer.

**"Ella!"** Someone called.

Napatigil kami ni Ella at tumingin sa direksyon na pinang-galingan.

**"Hi Mica!"** Bati ni Ella.

*Mica...* Yun pala ang pangalan ng babae'ng to. Lagi ko kasi sya'ng nakikita sa labas ng school na parang may hinihintay. Maganda din sya pero masyado'ng simple ang dating nya.

Nag-usap muna sila sandali bago muli'ng humarap sakin.

**"Calix... Si Mica nga pala, friend ko."**

**"Hi..."** bati ko sa kanya.

Nakita ko'ng namula yung pisngi nung Mica at kumaway naman sakin. *She looks cute.*

**"Wait lang ah.. Kunin ko lang yung notes ko sa loob."** Paalam ni Ella at iniwan kami ni Mica.

Halata na nahihiya sakin si Mica. Panay din ang sulyap nya pero iiwas ng tingin. Pupusta ko may gusto rin sakin to.

**"Uhmmm.. Calix."** Meron sya'ng inaabot na sobre.

*Tsk! Sabi na eh!*

Kinuha ko yung love letter at sinuksok sa bulsa. Mamaya ko nalang itatapon.

**"Sana basahin mo..."** Dagdag nya.

Ngumiti lang ako at nag-nod. *Asa!* Sinabi ng ayoko ng love letter. Hindi ako mahilig mag-basa. Iisa lang naman ang laman nyan.

*Mahal kita Calix! Gusto kita nuon pa! Sana mapansin mo rin ako! Blah! Blah!*

Dumating si Ella at binigay yung notes nya kay Mica. Umalis na yung Mica pero ngumiti muna sya sakin.

**"Wag mo itatapon love letter nya... Magagalit ako sayo."** Bulong sakin ni Ella.

Taka ko sya'ng tinignan. *Alam nya?*

**"Matagal ng may gusto sayo yan... Binabawalan ko lang kasi nga playboy ka. Masasaktan lang sya. Pero makulit kaya sabi ko, tignan namin gagawin mo pag-nabasa mo yung love letter."**

*Ako playboy?*

**"Kelan pa ko naging playboy?"** Tanung ko sa kanya.

**"Hindi ka aware?"** May halong pang-iinis ang tono nya.

**"Kasalanan ko bang nagka-sunod sunod sila?"**

**"Tsk! Calix, wala'ng nagtatagal na babae sayo. Hindi rin nag-aapply ang 3 months rule of break up sayo."** pagtataray nya sakin.

**"Pero hindi ibig sabihin nun Playboy na ko!"**

**"Playboy ka!"** Singit ni Ci-N habang may kinakain.

**"Wag ka nga'ng sumali sa usapan!"** Sita ko sa kanya.

Bigla sya'ng nagtago sa likod ni Ella. **"Tignan mo sya, inaaway ako."** Para'ng bata na nagsusumbong sa Ate si Ci-N.

**"Calix!"** Sigaw ni Ella, habang nakahawak sa baywang.

Talaga'ng si Ci-N yung kinampihan nya. *Ibang klase!*

*Kinagabihan...*

Pabagsak ako'ng humiga sa kama. Sobra'ng bigat ng katawan ko. *Kapagod!*

Kinapa ko yung bulsa ko para kuhanin ang cellphone ko pero iba yung nahawakan ko.

*Yung love letter.*

Nawala sa isip ko yun. Sinipat sipat ko yung sulat. Simple'ng pink envelope lang ito na may puso. Itatapon ko sana pero naalala ko yung sinabi ni Ella.

*Baka magalit sakin.*

Hindi naman siguro nya malalaman. Kayalang baka magtanung sya tungkol dito.

Kahit ayoko at tinatamad ako. Binuksan ko yung enevelope at binasa yung sulat. Naka-stationary pa.

*Dear Calix,*

*Kung binabasa mo ang sulat na to, maraming salamat. Alam ko'ng alam mo na ang sasabihin ko dito. Pwede'ng sinabi na sayo ni Ella or dahil syempre, love letter ito.*

Ang dami nama'ng paligoy-ligoy ng babae'ng to. Hindi pa ko diretsuhin.

*Gusto ko sana'ng malaman mo kung panu kita nakilala. Yun kasi yung araw na hindi kana mawala sa isip ko. Enrollment yun last year. Kasama mo yung girlfriend mo'ng first year student. Naiinis talaga ako sayo nung una kasi iba yung kasama mo bago ka pumasok sa gate ng school, tapos iba na naman.*

Kelan yun? May naging girlfriend ba ko'ng first year? Hindi ko yata maalala.

*Nasa pila na ko. Ako lang mag-isa. Sabay sabay kayo ng ibang Section E na pumila. Nagkakasatan pa kayo nun. Lagi mo kong nabubunggo pero hindi ka nags-sorry. Nasa registrar na ko ng bigla ka'ng manghiram ng ballpen. Inabot ko sayo yung hawak ko at umalis na.*

Ballpen? Ang dami kong hiniraman ng ballpen.

*Nakaupo na ko sa bench at bigla ka nalang lumapit sakin. Hawak-hawak mo yung ballpen na pinahiram ko.*

*"Kanina pa kita hinahanap... Salamat dito!" Sabi ko at ngumiti ka sakin.*

*Yung ngiti mo na yun. Feeling ko kasalanan nun kung bakit nung pag-uwi ko hindi kana mawala sa isip ko. Stalker ma'ng paki'nggan pero hinanap ko yung facebook account mo at kinilala kita. Lagi kita'ng inaabangan sa gate ng school bago umuwi.*

Yun pala yun. Lagi ko sya'ng nakikita sa gate ng school. Akala ko hinihintay lang nya yung sundo nya. Ako pala yung hinihintay nya.

*Binawalan na ko ni Ella pero hindi ako nakinig sa kanya. Sabi nya playboy ka, alam ko naman yun. Pero hindi ko mapigilan eh. Alam ko'ng simple'ng paghanga lang ito pero kakaiba na kasi.*

***Mahal na yata kita**. Wala ako'ng pag-asa, alam ko yun. Gusto ko pa ri'ng ipa-alam sayo. Siguro hindi na bago sayo yung mga babae'ng umaamin ng feelings nila. Okay lang kahit baliwalain mo ko. Hindi naman ako nanghihingi ng pansin.*

*Salamat sa pagbabasa ng sulat na to. Pagtanggap pa lang sa sulat ko ay malaki'ng bagay na para sakin.* 😊

*--Micaela Yumol*

Napatitig ako sa kisame. Ang sakit pala sa mata na magbasa ng nakahiga. Nakaka-antok din.

Hindi ako sigurado sa iisipin ko dahil sa sulat na to. Pero isa lang ang sure ako. Makakatulog ako'ng naka-ngiti.

This is the only letter that gave me this weird feeling. Maybe because this is the only one that i read. I don't feel anything for this Mica, but she makes me smile.

For some reason, i become excited to receive another letter from her. Sana lang bigyan nya ko ulit. Ang ganda din nang pagkaka-sulat nya, mukang font style pero sya talaga ang may gawa.

I don't like reading. Maybe that's the reason why i always ignore love letters. But now, parang gusto ko pa ulit mag-basa.

Kahit muka ako'ng tanga, paulit-ulit ko pa ri'ng binabasa yung sulat. Bawat letra ata at kurba ng sulat sina-ulo ko na.

*Micaela Yumol.*

Kapangalan nya yung nasa anime. Medyo pareho sila nung babae na yun. Ang hinhin kasi ng dating nya.

*Anu nga ulit title ng anime na yun?*

Ghost Fighter.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 33

**Mica & Calix 2.0**

***Calix's POV***

***Continuation of Flashback...***

Nakita ko sya. Si Mica, kasama nya yung mga classmate nya. Section A pala sya.

Gusto ko tong pwesto na to sa puno. Kita'ng kita ko sya pero hindi nila ko nakikita. Ewan ko kung bakit ginagawa ko to. *Ang pagmasdan sya mula sa malayo.*

**"Hoy Calix!"** Sigaw ni David.

Kanina pa kasi sya nakatingin sakin. Pinapababa nya ko pero hindi ko sya sinusunod. Gusto ko dito bakit ba nakiki-alam sya?

**"Bakit ba?!"** Iritableng sagot ko sa kanya.

**"Gusto mo'ng kaladkarin kita pabalik sa room?!"**

Bwisit tong David na to. Kundi lang class president to sinapak ko na to. Bumaba ako mula sa sanga ng puno.

**"Eto na.. pabalik na."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong naglakad pabalik sa room.

Sinalubong ako ng nakasibangot na Ella.

**"Anyare sayo?"**

**"Wala!"** Sagot nya at nag-cross arm.

**"Bakit ba?! Anu na naman bang nangyari?"**

**"Si Yuri kasi... Bigla nalang ako'ng sinungitan! Tapos tinawag pa ko'ng *Baka*! Muka ba kong baka?!"** Pagmamaktol nya.

Ang alam ko hindi Baka na hayop ang tinutukoy ni Yuri. It's a Japanese word, i just don't remember the exact meaning of it.

**"Yaan mo na sya..."** Sabi ko at ginulo ang buhok nya.

**"Nga pala... Pinapabigay ni Mica sayo."** Sabay abot ng panibago'ng sulat.

Pang-sampu na ata ito. Patuloy lang sya sa pagbigay ng love letter sakin. Ayoko mang aminin but i feel excited and happy everytime that i receive her letter.

**"Sige salamat..."** Sabi ko at kinuha yung sulat.

May pagkakataon din na iniiwasan ko si Mica. Baka kasi makahalata sya at yung iba na nalilibang ako sa mga sulat nya. Hindi sa kinakahiya ko pero kasi.... basta!

**"Inaano mo ba yang sulat na yan? Kala ko ba ayaw mo ng love letter?"** Tanung ni Ella.

Napaiwas ako ng tingin. Anu idadahilan ko? Baka makahalata si Ella.

**"A-anu.. P-pang.."**

**"Anu?"**

**"Pampilapil..."**

*Uwian...*

Nakatago ako sa likod ng isa'ng kotse. Pinag-mamasdan ko lang si Mica na nakatayo sa tabi ng gate. Alam kong ako yung hinihintay nya.

I just don't understand, why is she with Mykel and Kiko? Nakikipag-ngitian lang sya dito. *Kaasar!*

May ilang minuto din siguro silang andun. Hangang sa dumilim na at umalis na yung dalawa. Wala ng tao sa school pero andun pa rin si Mica.

*Bakit hindi kapa umuuwi?*

Tanging ilaw nalang ng poste yung kasama nya. *Haaaayyyy...* Ayoko sanang lumapit pero kailangan eh.

**"Bakit andito kapa?"** Bungad ko sa kanya.

Medyo nagulat pa sya pero agad na yumuko. **"A-anu kasi..."**

**"Tara na.."** aya ko sabay hawak sa kamay nya.

*Ang lamig ng kamay nya*. Bumibilis ang tibok ng puso ko at parang may kung anu sa tyan ko.

*Bakit ko nararamdaman to?*

Tahimik lang kami habang naglalakad. Hawak ko pa rin yung kamay nya. Para kasi'ng hindi ko na kaya'ng bitawan.

*Normal paba to?*

**"C-calix..."** Basag nya sa katahimikan.

**"Hm?"**

**"Anu... Baka kasi gusto mong kumain. Kahit sandali."** Sabi nya sabay turo sa isang night market at  food court.

Mukang masarap yung mga pagkain. Kayalang wala ako'ng pera. Hindi pa ko pinapadalhan ni Papa.

**"Next time nalang..."** Sagot ko.

**"Treat ko."**

**"Wag! Pangit yun. Dapat lalaki ang mag-treat."**

**"Lalaki, kung nanliligaw. Nanliligaw kaba?"**

Napa-isip ako sandali. May point naman sya dun. Pero nakakahiya pa rin.

Bigla nya kong hinatak palapit sa food court.

**"Okay lang yan... Next time ikaw naman."** Sabi nya.

Kahit nakakahiya pumayag na rin ako. Nagugutom na rin kasi ako and beside gusto ko rin'g kasama si Mica.

Babawi nalang talaga ko sa kanya.

*Kinabukasan...*

Kanina pa ko dito sa second floor ng building namin. Malapit na matapos yung lunch break, wala pa rin sya. Meron kasi kaming usapan na ipag-luluto daw nya ko.

Ayoko'ng kumain sa cafeteria. Ayaw kasi ako'ng tigilan ng mga babae dun. Sasabay daw sila'ng kumain sakin. Kahit meron na ko'ng kasabay ipipilit pa rin nila.

**"Kanina kapa?"** Bungad nya sakin.

**"Hindi naman..."** Sagot ko at ngumiti sa kanya.

Dumiretso kami sa pangalawa'ng room sa dulo. Matitino pa kasi ang mga upuan at lamesa dito.

Inihanda nya yung pagkain.

**"Kain kana..."** Sabi nya habang nakangiti sakin.

Nag-umpisa na ko'ng kumain pero si Mica nakatingin lang.

**"Bakit hindi ka pa kumakain?"** Tanung ko sa kanya.

**"Mamaya na ko... Para sayo talaga yan."** Sagot nya.

Ayoko ng ganito. Hindi ako sanay ng pinapanuod lang ako habang kumakain. Mas gusto ko yung kasabay sa pagkain.

Obvious naman na hindi sya gagalaw hanga't hindi ako tapos. Itinapat ko yung kutsara'ng puno ng pagkian sa bibig nya.

**"Hm?"**

**"Say '*ahh*'.."** utos ko sa kanya.

Bigla sya'ng namula. Kahit naiilang at nahihiya. Napilitan sya'ng isubo yung kutsara.

Kakaiba yung pakiramdam ko. Napapangiti ako kahit walang dahilan. Hindi ko rin maalis ang tingin ko kay Mica.

Ilang linggo na kaming ganito. Binibigyan pa rin nya ko ng Love letter. Pinag-hahanda ng pananghalian. At hangang ngayon walang nakaka-alam nito maliban kay Ella.

Ilang beses na nya kong kinokompronta tungkol kay Mica. Kung wala daw ako'ng balak seryosohin sya tigilan ko na.

Pero hindi ko kasi kaya, pakiramdam ko..... nagugustuhan ko na sya.

**"Calix..."** Tawag sakin ni Mica.

Nasa second floor ulit kami at kumakain ng pananghalian.

**"Hm?"**

**"A-anu... Anu ba tayo?"** Naiilang nyang tanung sakin.

*Anu kami?* Tao syempre. Ngumiti ako sa kanya at akma'ng sasagot pero nagsalita ulit sya.

**"Ibig kong sabihin... Kung anu'ng tawag satin? Friends ba tayo o anu..."** Paglilinaw nya.

Alam kong ibig nya'ng sabihin. Sa ginagawa namin para kami'ng higit sa magkaibigan. Pero yun lang kami at yun lang ang kaya ko'ng ibigay sa kanya.

Nag-sisimula na kasi ako'ng matakot. Matakot na kapag nag-simula kami ng relasyon masira na ang lahat. I feel happy when i'm with her, hindi ko maiwasa'ng hindi mapatingin sa kanya at kahit sa gabi bago matulog muka nya ang nasa isip ko.

**"S-sorry... Hindi kita inu-ubliga na makipag-relasyon sakin. Gusto ko lang malaman kung anu istado natin. Alam mo naman na gusto kita, diba? Ayoko lang ng umasa sa----"**

**"Ikaw... Anu bang gusto mo'ng maging istado natin?"** Tanung ko sa kanya.

*Mali to!*

Alam kong hihingi sya ng relasyon. Kahit ayoko, handa ako'ng ibigay sa kanya yun maging masaya lang sya. Ayoko ri'ng umasa sya pero ayoko din na masaktan sya.

Ibibigay ko kung anu'ng gusto nya.

**"Gusto ko..."** Panimula nya. Sandali sya'ng nag-isip at muling nagsalita. **"Gusto ko sana'ng malaman kung anu'ng nararamdaman mo sakin."**

*Nararamdaman?* Anu nga ba?

Tinignan ko sya mata. Kahit hindi nya sabihin, umaasa sya'ng pareho kami ng nararamdaman sa isa't isa. Sana nga ganun din yun pero panu kung hindi pala.

Yeah... I'm starting to have a special feelings for her. Pero hindi ko pa kaya'ng panindigan yun.

Naguguluhan ako.

**"Bigyan mo ko ng oras..."** Sagot ko sa kanya.

Gusto ko'ng masiguro yung nararamdaman ko. Ayoko sya'ng masaktan.

Mag-isa lang ako ngayon. Kagaya ng hiningi ko kay Mica, ibinigay nya sakin yun. Sapat na oras para isipi'ng mabuti ang nararamdaman ko sa kanya.

**"Hi Calix!"** Bati sakin ng mga freshmen girls.

Ngumiti lang ako sa kanila. Wala ako sa mood makipag-flirt ngayon. Sayang magaganda pa naman sila.

**"Calix..."** May tumawag sakin.

Nilingon ko yun at agad na humalik sakin si Aiko, ex-girlfriend ko. Niyakap nya ko ng mahigpit. Matagal ko ng hinihintay ang araw na to. Patay na patay kasi talaga ako sa kanya dati.

**"Please... Be mine again Calix."** Bulong nya sa tenga ko.

Siguro noon, *oo* ang isasagot ko. Pero ngayon na gulo'ng gulo ang utak ko.

**"Sorry Aiko... But i can't be your's again."** Sagot ko at humiwalay sa yakap nya.

**"But why?"** Tanung nya sakin na halos maiyak na.

Napatingin ako sa isang grupo ng kababaihan na nakatingin samin. Section A, at kita'ng kita ko si Mica. Malungkot ang mga mata nya. Alam kong iniisip nya.

Pero hindi yun ang gagawin ko.

**"Because i'm already inlove with someone else."**

Tama ba tong ginagawa ko? I'm starting a relationship with Mica kahit hindi naman talaga ko sigurado sa nararamdaman ko.

*Panu kung wala naman pala talaga?*

**"Calix..."** Tawag sakin ni Mica. Andito kami ngayon sa bahay. Nakahiga ang ulo nya sa dibdib ko, habang naka-higa ako sa sofa.

**"Bakit Baby?"** Tanung ko. Baby na ang tinawag ko sakanya buhat ng naging opisyal kami.

**"Thank you..."**

Tinignan ko sya. **"Para saan?"**

**"Kasi ako yung pinili mo sa dami ng nagkakagusto sayo."**

*Sya ang pinili ko.* Siguro, okay lang tong ginawa ko. Mag-grow din naman tong nararamdaman ko sa kanya.

Hinalikan ko sya sa noo at bumalik sa panonood ng TV.

Sa ngayon kailangan muna nami'ng isekreto ang lahat. Hindi sa ikinahihiya ko sya. Ayoko muna'ng sabihin sa iba lalu na kay Ella. Kasi nga, kailangan kong maging sigurado.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 34

**Mica & Calix 3.0**

***Mica's POV***

****Continuation of Flashback...****

Mahigit isang buwan na kami. Sobra'ng saya ko. Tinitignan ko lang sya dati pero ngayon kayakap at hawak kamay ko na sya.

**"Baby... Kumain kana. Wag mo kong pag-masdan."** Utos nya sakin at nilapit ang pagkain.

Alam ko nama'ng ayaw nya ng pinapanood sya. Hindi ko kasi mapigilan. Ang sarap nya kaya'ng pag-masdan.

**"Gusto mo siguro'ng subuan kita no?"** Pang-aasar nya sakin.

Umiling ako at agad na kinuha yung pagkain ko. Yung totoo, gusto ko pero nakakahiya pa rin.

**"Baby... Panu pala yan, magiging busy kana? Malapit na yung Math contest, meron pang intrams."**

Oo nga pala. Ako kasi ang nilalaban nila sa Math. Section A naman ang nag-aasikaso ng intrams.

**"Oo.. Baka hindi na kita mapag-baon ng pagkain."**

**"Okay lang naman yun... Ayoko lang nung mawawalan ka ng time sakin."** Sagot nya at ngumiti sakin.

*Yang ngiti na yan!* Yan yung dahilan kung bakit hindi ako nakatulog nung una'ng araw na kinausap ko sya.

Pagkatapos kumain, mabilis ako'ng bumalik sa room namin. Wala kasi'ng nakaka-alam na nagpupunta ako sa building ng Section E. Gusto kasi ni Calix na isekreto muna ang lahat samin.

**"San ka nag-lunch?"** Salubong sakin ni Mykel.

**"Dyan lang..."** Pabulong ko'ng sagot.

Alam ko'ng sinusundan nya ko. Ilang beses ko sya'ng nahuli pero nakakapag-tago sya agad kapag gusto ko sya'ng komprontahin.

Kailangan ko pa tuloy magpunta kung saan-saan para lang iligaw sya.

Papasok na sana ko sa room pero nakita ko si Ella na naglalakad palapit sakin. Seryoso'ng seryoso ang muka nya. Para sya'bg susugod sa gulo.

**"Ell----"**

**"Kelan pa?!"** Medyo napa-lakas ang boses nya kaya pinag-tinginan agad kami.

**"H-ha? A-ang alin?"**

**"Yung kay Calix."** Mariing bulong nya sakin ng mapansi'ng agaw eksena sya.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Hindi pa nga pala nya alam. Magagalit sakin to.

**"K-kasi..."**

**"Kasi anu?! Mica! Sabi mo sakin gusto mo lang sya makilala. Yun lang, pero anu to?!"** May halong galit na sabi nya.

Hindi ko sya masisisi. May usapan kami na hindi ako makikipag-relasyon sa kanya pero hindi ako tumupad.

*Sorry Ella... Mahal ko kasi talaga si Calix.*

**"Kelan pa naging kayo?"** Bulong nya sakin.

**"Mahigit isa'ng buwan na."** Sagot ko.

**"At hindi mo man lang sinabi sakin?! Sinekreto nyo talaga?!"**

Hindi ako makasagot. Tipid na tango lang ang naibigay ko.

**"Dun pa lang hindi ka nag-hinala?"** Dagdag ni Ella na nagpagulo sa isip ko.

*Anung ibig nya'ng sabihin?*

**"Sekreto lang ang relasyon nyo kasi..."** Huminga sya ng malalim. **"...meron sya'ng girlfriend na freshman."**

*Girlfriend?!* Pero ako yun at hindi ako freshman. Parang may kung anu'ng kumurot sa puso ko. Wag naman sana!

**"Tanungin mo si Calix kung gusto mo. Pwede nya'ng itanggi yun pero totoo yung sinasabi ko."**

Umalis na sya pagkasabi nun. Para'ng may kung anu sakin na nasasaktan. Sana mali si Ella. Sana hindi totoo yung mga sinabi nya.

May tiwala ako kay Ella at Calix. Pareho sila'ng mahalaga sakin. Ayoko'ng dumating sa ganito'ng punto. Ito rin siguro ang dahilan kaya ayaw ni Calix na sabihin ko kay Ella.

*Uwian...*

Kagaya dati naghihintay lang ako dito sa gate. Kahit madilim na naghihintay pa rin ako. Kailangan ko kasi talaga'ng makausap si Calix. Hindi sa hindi ako naniniwala kay Ella or wala ako'ng tiwala sa kanya.

Dapat lang talaga'ng pag-usapan to.

**"Mica..."** Tawag sakin ni Calix.

Alam kong sya yun. Kahit hindi ako tumingin, alam ko.

**"Bakit hindi kapa umuuwi? Diba sabi ko sayo kapag madilim na, mauna kana? Bakit andito kapa?"** Tanung nya sakin.

Nagpilit ako ng ngiti. **"Gusto lang sana kasi kita'ng makausap."**

Hinawakan nya ko sa kamay at ginayak maglakad. **"Sana tinext mo nalang."**

**"Gusto ko kasi sa personal."**

Humigpit yung hawak nya sa kamay. Bigla nalang ako'ng kinabahan.

**"Tungkol ba to kay Ella?"** Tanung nya.

Tinignan ko lang sya na parang naghihintay ng sasabihin nya.

**"Nahuli nya tayo kanina. Kinausap nya ko at sinabi ko na yung totoo. Yun nga lang nagalit sya."** Paliwanag nya.

Kaya pala sumugod agad si Ella sakin kanina.

**"M-meron pang sinabi si Ella."** Nag-aalangan kong sabi.

**"Hm?"**

**"S-sabi nya, may g-girlfriend ka daw na freshman."**

Umiwas ng tingin si Calix at huminga ng malalim. **"Hindi totoo yun. Akala lang ng marami kasi nga lagi'ng lumalapit sakin yung babae."**

Nakaginhawa ako sa sinabi nya. Nawala yung bigat sa dibdib ko. Alam ko'ng hindi totoo yun. Ako yung pinili nya eh.

**"S-sorry..."**

**"Para saan?"** Tanung nya.

**"Kasi parang lumalabas na wala ako'ng tiwala sayo."**

Huminto sya sa paglalakad at hinarap ako. Hinawakan nya yung isa ko pang kamay.

**"Normal lang yun sa mga kagaya natin. Basta buo ang tiwala mo hindi tayo masisira."** Sabi nya at hinalikan ako sa noo.

Ngumiti ako sa kanya. Gusto ko yung ganito yung pinapa-ramdam nya sakin na hindi kami masisira.

**"Kain tayo..."** Aya nya sabay turo sa isang food court sa night market.

Napangiti ako. Naging hubby na nami'ng kumain dya tuwing mag-sasabay kami.

Nag-umpisa na yung Math Contest namin. Naging busy na ko kaya hindi na kami masyado'ng nagkikita ni Calix. Pero lagi ko sya'ng tinetext at tinatawagan.

Nito nga lang mga nakaraa'ng araw, hindi sya sumasagot. Hindi ko rin sya makita sa meeting place namin. Ayoko nama'ng magpunta sa mismong Sectoon E dahil nagagalit si Keifer sakin.

Hindi pa rin kami nag-uusap ni Ella.

Nasa loob ako ng cubicle sa CR ng may marinig ako'ng mga babae'ng nag-uusap.

**"OhMyGee... He is a really good kisser. Muntik na kong matangay sa kung saan."** Sabi nung isang babae.

**"Girl! May girlfriend na yung tao, tigilan mo na sya."** Sagot naman nung isa.

**"Girlfriend?! Wala sya nun. *Magiging* pa lang, at ako yun."**

Bakit para'ng bumilis yung tibok ng puso ko? Yung kutob na para'ng kilala mo yung pinag-uusapan nila.

**"Tsismis kasi na meron daw sinasabay na babae si Calix tuwing uwian."**

**"Not true! Baka kung sino'ng asumera lang yun. Magiging akin si Calix!"**

**"Bahala ka! Push mo yan kung gusto mo!"**

Lumabas na yung dalawa'ng babae'ng nag-uusap. Bigla nalang pumatak yun luha ko kahit wala nama'ng dahilan. *Sana ibang Calix yung sinasabi nila.*

Hindi yun magagawa ng Calix ko.

Tinext ko si Calix agad para kamustahin sya. Laki'ng ginhawa ko ng mag-reply sya at nakikipag-kita sa meeting place namin.

Mabilis ako'ng nag-ayos at pumunta sa building nila. Hindi pa rin namin inaamin sa lahat na kami. Baka daw kasi may mang-away sakin. Pinilit nami'ng maging sikreto ang lahat.

Nakaupo sya sa pwesto nya at nakatingin sa bintana pagdating ko.

**"Calix..."** Tawag ko.

**"Hi Baby!"** Bati nya sakin at ngumiti. Pero nawala agad yun ng makalapit ako. **"Bakit namumula yung mata mo? Umiyak kaba?"** Tanung nya.

Ngumiti ako at umiling. **"Na-iritate lang."**

**"Tapos kinusot mo? Haist!"** Kinuha nya yung panyo nya at pinunasan ang mata ko.

*Ibang Calix yun...*

Tama! Hindi sya yun, iba yun!

Kagaya dati pinag-mamasdan ko lang sya habang kumakain. Pero hindi dahil masarap sya'ng panoorin, kundi dahil may kung anu sa kwelyo nya.

*Lipstick?*

May bahid ng kung anu'ng bagay na kulay Pula. Ayoko talaga'ng isipin na lipstick yun, pero babae din ako at gumagamit din ako nun.

**"May problema ba?"** Tanung ni Calix. Tumingin sya sa balikat nya sa pag-aakalang yun ang tinitignan ko.

**"H-hindi, wala... Kumain ka lang."** Sabi ko.

Pero hindi nya ko pinansin. Para bang meron sya'ng hinahanap sa balikat. Hangang sa mahagip nya yung kwelyo nya at makita yung bahid ng pula'ng lipstick dito.

**"Wala to... Pintura lang."** Paliwanag nya.

Ngumiti ako sa kanya. Hindi naman nya kailanga'ng magpaliwanag. Wala naman ako'ng ibang iniisip.

Bumalik sya pagkain at ganun na din ang ginawa ko. Sya na ang nagprisinta'ng magligpit pagkatapos.

**"Calix..."** Tawag ko sabay abot ng Love Letter.

Sinabi na kasi nya sakin na gusto'ng gusto nya'ng binabasa ang mga sulat ko sa kanya. Kaya kahit wala na kong maisip na sabihin, nag-susulat pa rin ako para sa kanya.

Kinuha nya yung sulat at nilagay sa bulsa nya. Ngumiti sya sakin at ginayak ako sa paglalakad palabas ng room.

Hindi na nya ko hinatid paglagpas sa building nila. Baka kasi may makakita samin.

May ilang students ako'ng nakakasalubong na pinag-uusapan si Calix. Kahit ayoko'ng makinig hindi ko maiwasan.

"*Balita ko may kasama'ng iba si Calix kagabi.*"

"*Ako nga nakita ko sya sa park na nagb-bike. May kaangkas na babae.*"

"*Wala yan sakin. Kahalikan ang nakita ko sa likod ng gymnasium.*"

Parang may kung anu'ng kumukurot sa puso ko.

Mabilis ako'ng tumakbo papunta sa CR. Gusto kong umiyak. Sana iba'ng Calix yun. Sana hindi sya yung Calix na lagi kong hinihintay sa gate. Na nag-i i love you sakin. Na hinahalikan ako sa noo. Na hinahawakan ang kamay ko. Na sinasabi'ng hindi kami masisira kahit anu'ng mangyari. Sana hindi sya yun.

Para kasi'ng hindi ko kakayanin kung sya yun.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 35

**Mica & Calix 4.0**

***Mica's POV***

***Continuation of Flashback...***

Hindi sya dumating. Ilang beses ng ganito. May usapan kami na magkikita sa meeting place namin pero hindi sya dumating.

Hindi ko alam kung anu'ng ginagawa nya. Hindi rin sya sumasagot sa mga tawag at text ko. Napaparami din ang tsismis na meron sya'ng ibang babae.

Pero hindi ako naniniwala. Ibang Calix yun. Maraming Calix sa school namin, pero isa lang ang Calix ko at hindi sya yung Calix na sinasabi nila.

**"Mica..."** Napatingin ako sa tumawag sakin. Si Ella.

Ngumiti sya sakin kaya ganun ang ginawa ko. Ganyan naman kami, hindi kailangan ng usap, tinginan at ngitian lang sapat na.

**"Kamusta? Bakit ikaw lang andito?"** Tanung nya habang nililigid ang paningin sa room.

**"Hindi dumating si Calix eh."** Sagot ko.

Umiwas ng tingin si Ella. Ramdam kong meron sya'ng gusto'ng sabihin. Siguro, sesermunan nya ko.

**"Sabay nalang tayo mag-lunch."** Aya nya sakin.

Ngumiti naman ako at tumango. Nami-miss ko na rin kasi sya. Lagi'ng na kay Calix ang atensyon ko nitong mga nakaraan. Dahil na rin siguro sa mga tsismis na umiikot sa school.

Tahimik lang kami'ng kumakain ni Ella. Medyo awkward pero okay na to. Ayoko ko rin kasi'ng pag-usapan yung isyu na yun.

**"Alam mo... Umamin na sakin si Keifer."** Sabi nya.

Napatigil ako at napatingin sa kanya.

**"S-seryoso?"**

Tumango sya sakin. **"Bale, matagal na talaga pero magulo kasi sya kaya nito lang nya nilinaw ang lahat."**

**"Gusto mo ba sya?"**

Yumuko sya at napakagat ng labi. **"Oo."**

**"Eh bakit malungkot ka?"**

Para kasi'ng ang lalim ng iniisip nya.

**"Umamin din sakin si Yuri. Muka'ng yun din ang dahilan kaya hindi nag-uusap yung dalawa."**

Napatigil ako. Kung mahirap ang sitwasyon ko mas mahirap kay Ella. Dalawang lalaki ang nagkakagulo ng dahil sa kanya.

**"Anu'ng balak mo?"**

Napatakim ng muka si Ella. **"Hindi ko alam. Si Keifer ang gusto ko pero ayokong saktan si Yuri."**

Mahirap nga yun. Ayaw mong masaktan pero ayaw mo di'ng makasakit.

Sana ganun nalang din yung problema ko.

**"Wala nabang iba?! Yan na naman yung ulam?"** Reklamo ni Calix habang tinutulak palayo yung baunan.

**"Pero ito yung favorite mo, diba?"**

**"Noon, syempre mabilis ako'ng magsasawa kung lagi iyon ang ulam."**

Niligpit ko yung baunan. **"Ibibili nalang kita.."**

**"Wag na! Gastos lang yan!"**

**"Pero kailangan mo'ng kumain."**

**"Tsk! Busog pa naman ako. Hayaan mo na!"** Sagot nya sakin at naglakad paalis.

Nito'ng mga nakaraan tuwing nagkikita kami lagi nalang mainit ang ulo nya. Hindi na rin nya ko tinatawag na *Baby*. Meron na nama'ng panibagong tsismis tungkol sa kanya.

Hindi ko alam kung saan galing yun pero hindi totoo yung mga yun. Tinignan ko yung ilalim ng table. Andun pa rin yung letter na iniwan ko para sa kanya.

Kapag nagkakasalisi kami, nagiiwan nalang ako ng sulat para sa kanya at itetext ko sya kung saan nakalagay.

Malakas ang kutob ko'ng hindi na nya binabasa yung mga sulat ko. Napaupo nalang ako sa bangko.

*Anung nangyayari sa kanya?*

Parang nag-iba na ang ugali nya. Hindi na rin nya ko sinasabayan umuwi kapag nakikita nya ko sa gate.

Hindi ko na alam ang gagawin ko.

**"One... Two... Three... Four..."**

Bilang ni Calix sa pera'ng hawak nya. Andito kami ngayon sa bahay nila. Binasag na nya yung alikansya nya. Bibili daw kasi sya ng sapatos.

**"Tsk! Kulang pa rin."** Sabi nya.

**"Magkano kulang?"** Tanung ko.

**"Mga 3k pa... Baka hindi na umabot sa birthday ko."**

Akmang kukuha ako ng pera sa wallet ko pero pinigilan na nya ko agad.

**"Wag mo ng ituloy... Kung anu man yang iniisip mo."** Sabi nya.

Nag-pout ako. Gusto ko kasi talaga sya'ng tulunga'ng mabili yung sapatos nya.

**"Ganto nalang.. ako nalang bibili ng sapatos mo. Regalo ko para sa birthday mo."**

Tatanggi pa sana sya pero inunahan ko na.

**"Regalo yun... Kaya wag kang mag-isip ng kung anu."**

Ngumiti sya sakin at niyakap ako. **"Thank you Baby..."**

Sya pa rin yung Calix ko. Alam ko'ng sya pa rin yun.

Monthsary na namin ni Calix. Simple'ng celebration lang ang inayos ko dito sa meeting place namin. Namili ako ng maliit na cake, at naghanda ng carbonara. Favorite nya kasi to eh.

Gumawa din ako ng panibago'ng Love Letter. Naka-upo na ko at hinihintay sya. Siguro mahuhuli lang sya ng mga ilang minuto.

*20minutes....*

Baka may ginawa lang sila sandali.

*30minutes....*

Tinext ko na sya para sabihin na andito na ko sa meeting place namin.

*40minutes....*

Wala pa rin sya kaya tinawagan ko na. Kayalang hindi nya sinasagot.

*50minutes....*

Tumunog na yung bell, pero wala pa rin sya. Hindi muna siguro ako papasok. Hihintayin ko pa rin sya.

*1hour....*

Wala pa rin. Pero alam kong darating sya. Baka marami lang talaga sya'ng ginagawa.

*3hours....*

Isang subject nalang uwian na. Baka umattend muna sya ng klase.

*4hours....*

Uwian na. Baka papunta na sya dito.

*4hours & 30 minutes....*

Baka pinaglinis lang sila ni Ms. Smith ng room.

*5hours....*

Tinawagan ko ulit sya pero hindi nya sinasagot. *Asan kana?*

*6hours....*

Dumidilim na sa labas.

*7hours....*

Hindi na sya darating. Obvious naman na hindi na. Ako lang to'ng makulit na ipinipilit na pupunta pa sya.

*Tanga ko diba?*

Niligpit ko na yung hinanda ko. Ayoko sana'ng umiyak pero hindi ko na mapigilan.

Bakit ba nya ginagawa sakin to? Okay lang sana kung may ginagawa sya pero nagtext sakin si Ella. Labas masok lang daw sa room si Calix.

Mukang naka-uwi na rin sya. Hindi man lang nya ko tinext or kina-musta. Hindi rin nya ko binati.

Mahal ko si Calix, pero sobra'ng sakit na kasi.

*Kinabukasan....*

Tinext ko si Calix na magkita kami sa meeting place namin. Pumayag naman sya. Dala ko yung Love letter na ibibigay ko dapat sa kanya kahapon.

May ilang minuto din siguro ako'ng pa-ikot ikot sa room ng may marinig ako'ng pag-galaw ng mga gamit.

Lalabas sana ko para tignan pero hindi na kailangan. Mula sa sira-sira'ng bintana, kita'ng kita ko sya----sila.

Si Calix, kasama ng ibang babae at naghahalikan sila.

Para'ng may sumaksak sakin sa puso. Hindi ako makahinga at may kung anu sa tyan ko. Nanlambot ang mga tuhod at braso ko.

Napaluhod nalang ako at nabitawan ang hawak ko. Kusa ri'ng bumagsak ang mga luha ko. Bakit? *Bakit Calix?*

Sobrang sakit. No words can explain how much pain i feel. Gusto ko nalang umiyak ng umiyak.

Tama si Ella. Dapat nung una palang nakinig na ko sa kanya. Dapat iniwasan ko na si Calix. Hindi na dapat ako umasa na sakin lang sya at hindi na maghahanap pa ng iba.

Mali ako! Ang talino ko pero naging tanga ako dito. Sobra'ng sakit! Gusto ko nalang mamatay para matapos na.

Ramdam ko ang pagtigil nila. Pinilit kong tumayo at tumahan. Inayos ko ang sarili ko at tumalikod sa pintuan kung saan pumasok si Calix.

**"M-mica... Kanina ka pa dyan?"** Tanung nya sakin.

Huminga muna ko ng malalim. **"Calix... Mag-break na tayo."**

**"H-ha? A-anu ba'ng sinasabi mo dyan?"**

Dinig ko ang mga hakba'ng nya na palapit sakin.

**"Dyan ka lang! Wag ka ng lumapit sakin!"**

**"Anu ba'ng nangyayari sayo?"** Sinabayan nya ang taas ng boses ko.

**"Ayoko na... Nag-sasawa na ko."** Halos pabulong ko'ng bigkas.

*Parang hindi ko kaya...*

**"May nang-yari ba?! Pag-usapan muna natin."**

**"W-wala... Gusto ko ng tapusin to."**

Nag-uumpisa na nama'ng pumatak ang mga luha ko.

**"Mica... Bakit ba?"**

Huminga ako ng malalim. Masakit sakin to pero mas masakit kung magpapatuloy pa ko.

**"H-hindi na kita mahal."**

Mabilis ako'ng naglakad palabas. Nabunggo ko pa sya pero tuloy-tuloy lang ako.

Ayoko na kasi. Ayoko ng mahalin sya.

Paglagpagpas sa building nila mabilis ako'ng tumakbo. Ayoko'ng pumasok. Ayoko'ng makita nila ko ng ganito.

Sa bahay ako dumiretso. Yung mga sulat na balak ko palang sana'ng ibigay sa kanya, nagkalat pa sa kwarto ko.

Pinunit ko yun lahat. Kasabay din non ang mga luha ko'ng halata'ng walang balak tumigil sa pagbagsak.

*Bakit kasi sya pa?*

Anu ba'ng meron sa kanya at sya pa yung minahal ko? Humahanga lang naman ako sa kanya dati. Hindi ko hiniling na bigyan nya ko ng atensyon.

Gusto ko lang mapalapit sa kanya. Hindi ko na sana binigay yung love letter na yun.

Hindi na sana umabot sa ganito.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 36

**Mica & Calix 5.0**

***Calix's POV***

***Continuation of Flashback...***

Parang may sumaksak sakin nung sinabi nya yun. Hindi ako nakagalaw, ni hindi ko man lang sya na pigilang umalis.

Anu bang nangyayari sakin? Hindi naman ako sigurado sa nararamdaman ko sa kanya pero, bakit nararamdaman ko to?

*Bakit parang nasasaktan ako?*

Hindi ko alam kung anu'ng gagawin ko.

**"CALIX!"** galit na tawag sakin ni Ella.

Baka nakarating na sa kanya yung nangyari.

**"Ell----"**

Malakas na sampal ang nagpatigil sakin. Agad sya'ng hinawakan ni Keifer na kasunod pala nya.

**"SINABIHAN NA KITA! NAKITA KO SYA'NG UMIIYAK! ANU'NG GINAWA MO SA KANYA?!"**

Sa totoo lang, nakakabingi ang bunganga ni Ella kapag nagagalit. Kabaligtaran nya sa karaniwang sya.

**"Ella! Tama na!"** Awat ni Keifer.

**"ANU'NG GINAWA MO?!"**

**"W-wala ako'ng ginawa sa kanya."**

**"SINUNGALING KA!"**

**"Tama na! Ella! Hayaan mo muna sya!"** Awat ulit ni Keifer habang hawak sya.

Pero hindi sya pinansin ni Ella. Galit pa rin itong nakatingin sakin. Deserve ko naman yan.

**"H-hiwalay na kami... Nakipag-break na sya sakin."** Sabi ko.

Natigilan si Ella at Keifer.

**"S-sabi nya... Hindi na daw nya ko mahal."**

Parang napaka-hirap sakin na sambitin yun. Hindi ko matanggap. Anu ba'ng nangyayari sakin?

Sinubukan kong tawagan si Mica pero laging nakapatay ang phone nya. Naka-block na rin ang facebook ko sa kanya.

Hindi ako makalapit sa kanya kapag nasa school. Lagi'ng naka-aligid si Mykel at iba pa. Kapag naman nakakakuha ako ng pagkakataon, mabilis na lumalayo si Mica.

Hindi na rin ako kinakausap ni Ella. Pakiramdam ko mababaliw na ko.

Alam kong mahal pa nya ko. Hindi ganun kadali mawala ang feelings. Mas mahirap pa nga'ng alamin ang naramdaman mo para sa isang tao.

Kagaya ko, ang tagal bago ko na-realize na mahal ko pala sya. Kinalaingan pa nyang mawala sa sakin bago ko maintindihan.

**"Hindi ba uso pang-ahit sa inyo."** Bungad sakin ni David.

Hindi na kasi ako nakakapag-ahit. Nahihirapan din ako'ng matulog sa gabi, kaka-isip kay Mica.

**"Nakalimutan ko lang mag-ahit."** Walang gana ko'ng sagot.

Pag-upo ko, puro Love letter na naman ang bumungad sakin. Hinanap ko yung Love letter na gusto ko'ng makita pero wala.

Ngayon ako nagsisisi sa lahat ng ginawa ko. Sana hindi ko sya hinayaang mawala. Sana noon pa ko nalinawan sa nararamdaman ko sa kanya.

Sana meron pa kong Mica na kasama.

***End Of Flashback...***

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Huhuhuhu..."** Ako yan. Habang kumakain ng isaw.

*Muka lang tanga.*

Nakaka-iyak kasi. Ang paras pala nito'ng sauce nila, hindi man lang sinabi sakin.

**"Ayos ka lang Jay?"** Tanung sakin ni Mica.

**"H-hindi... Huhuhuhu... Ang paras lang talaga."**

Napangiwi nalang si Mica at inabutan ako ng juice. Nasa *Hepa Avenue* kami ngayon. Yung street na puro food court.

Matapos kasi yung kwento ni Mica sa love story nila, nagutom ako. Can you blame me? I'm so hunger strike.

**"Wala ka na talaga'ng balak na kausapin ulit si Calix?"** Pagbabalik ko sa topic.

Umiwas lang sya ng tingin sakin. Ganyan talaga, madalas nagiging sarado na ang utak ng mga tao'ng nasaktan. Matagal din bago maghilom yung naging sugat nila.

*Kelan ka pa naging love expert Jay?*

Nabigla ako sarili ko don. Anyways, balik sa topic.

**"Alam mo... Mas mabilis maghilom ang sugat kapag nilagyan ng anti-biotic?"** Sabi ko.

Napa-isip ako sa sinabi ko. Anu yun? Anu'ng ibig sabihin nun? At anung connect ng anti-biotic?

**"Jay... Literal na sugat ang nilalagyan ng anti-biotic. Pero sugat na meron ako, hindi magagamot ng kahit anu'ng anti-biotic."**

**"Piniciline... Pwede yun."**

Napakamot sya sa ulo. **"Sa open wounds pwede yun."**

**"Edi buksan natin ulit ang sugat mo. Kausapin mo si Calix at hayaan sya'ng magpaliwanag. Maniwala ka, mas mabilis ka'ng gagaling."** Sabi ko at sumubo ng kwek-kwek.

**"Sinasabi mo na yung explanation ni Calix ang Piniciline, kung tatanggapin ko sya sa sugat ko mabilis ako'ng gagaling? Ganun ba?"**

Yes! Connected na rin ang anti-biotic sa usapan namin. Bakit ba nauwi sa gamot ang usapan?

**"Nadali mo!"**

Tumingin si Mica sa pwesto nila Calix. Kung saan nagpo-Pokemon Go yung dalawa. Bakit ba sumama pa samin to'ng mga to?

**"Panu ka pala bukas? Sure ako'ng babalikan ka nung mga D. D-munyito!"** Tanung ko at sumubo ng fishball.

Oo na! Ako na marami'ng kinakain.

**"Papasok na si Ella bukas."** Nakangiti'ng sagot ni Mica. **"Sure ako'ng hindi nya alam yung ginawa ni Aries sakin."**

**"May balak ka'ng sabihin?"**

**"Wala... Ayoko'ng mag-away sila ng dahil sakin. Marami ng hinarap na problema si Ella, ayoko'ng dumagdag."**

Nag-nod lang ako at uminom ng juice. Matatag na tao din si Mica. Iniisip nya pa rin yung iba sa kabila ng problema nya.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Ci-N. **"Tignan mo!"** Nakangiti pa sya'ng iniharap sakin ang cellphone.

**"Nakahuli ka ng Snorlax, ang galing!"**

**"Batiin mo sya!"** Sabi ni Ci-N.

Taka ko sya'ng tinignan. Babatiin?

**"Huh? Bakit ko babatiin yan?"**

**"Kalahi mo yan eh!"** Buong galak nya'ng sabi at nagtatakbo pabalik kila David.

*Hayop!*

Narinig ko pa'ng tumawa ang wala'ng hiya. Binalik ko yung tingin ko sa kausap ko. Baka kasi makapanakit ako ng tao'ng nag-ngangalang Ci-N Peralta.

Halata'ng nagpipigil ng tawa si Mica.

**"Wag mo ng pigilan... Baka mautot kapa dyan."**

Nagpa-tuloy kami sa pag-uusap tungkol sa kung saan-saan. Hinatid na rin namin sya sa bahay. Malaki din yung bahay nila, pero hind kasi'ng laki nung samin.

*Kabilang na ko dun kaya... Samin.*

At mas lalo'ng hindi kasi'ng laki nung kila Yuri. Rooftop! Naalala ko na naman yung Japan-Japan.

**"Ayaw mo'ng pumasok muna?"** Tanung sakin ni Mica.

**"Hindi na.."**

**"Sige.. Ingat ka---kayo."**

Pumasok na sya sa loob. Lumapit na ko sa tatlong ulupong na busy pa rin sa Pokemon Go.

**"Kamusta daw sya? Meron ba sya'ng nabanggit tungkol sakin? Galit pa----"**

**"Sandali Calix! Mahina ang kalaban! Isa-isa lang!"** Pag-aawat ko sa kanya. **"Okay na daw sya... Wala sya'ng nabanggit tungkol sayo. Except sa nabanggit nya yung story nyo."**

Parang natalo sa laro yung muka ni Calix. Disappointed na nanghihinayang.

*Kasalanan naman nya eh!*

Nagpatuloy kami sa paglalakad. Maliban kay Calix na nagpa-iwan sa labas ng bahay nila Mica. Sya na daw ang bagong guard nila. *Charot!*

Ako naman yung hinatid nito'ng dalawa.

**"Kanina pa kayo nakaharap sa mga Cellphone nyo. Hindi paba namamaga ya'ng mga mata nyo?"** Puna ko sa dalawa.

Ang David nakaramdam kaya ibinulsa ang cellphone pero ang Ci-N, patuloy sa pagngiti sa cellphone nya.

**"Anu Ci? Nabaliw kana ng tuluyan kaya nakangiti ka dyan sa cellphone mo?"** Tanung ko.

Hindi ako pinansin ng luko. Na-curious ata si David sa tinitignan ni Ci-N kaya tinignan na rin nya.

Bigla nalang ngumiti ang David na para'ng nakakatuwa talaga yung nakikita nila.

*Anu yun?*

Na-curious din ako kaya tinignan ko din.

Ang mga wala'ng hiya! Bow!

**"Putrages ka!"** Mura ko sabay hampas kay Ci-N.

Picture ni Snorlax pero naka-edit at muka ko yung nakalagay sa muka dapat nung Pokemon. *Animal!*

Kaya pala ganun nalang yung ngiti nya. Isama pa yung ngiti ni David. Ang seryoso nung tao bigla nalang natawa.

**"Hahaha.. diba? Kalahi mo talaga sya!"** Sabi ng Ci-N.

Tinignan ko sya ng masama. *Bata'ng to! Animal!*

Nagpatuloy kami sa pag-lalakad. Ang layo din pero gusto talaga'ng maglakad nung dalawa. Meron daw sila'ng pipisain na itlog.

Nakaratin kami sa bahay *namin*. Kabilang na kasi nga ako. Nagpa-alam na yung dalawa.

Pagpasok sa loob si Aries agad ang bumungad sakin. Hindi yata sya pumasok. Naka-polo shirt at pants kasi sya plus maaga pa para sa uwian.

Tinignan nya ko ng masama. *Tutusukin ko mata nito!* Lalakad na sana sya paalis ng maalala ko kung kay Mica.

**"Aries!"** Tawag ko sa kanya at muli ako'ng hinarap. **"Tungkol kay Mica---"**

**"Alam ko yung ginawa mo. Pero mamaya nalang natin pag-usapan."** Sabi nya at lalakad ulit paalis.

Eh makulit ako. Gusto ko ngayon. Hinarangan ko sya kaya naman nag-salubong na yung kilay nya.

**"Ngayon na natin pag-usapan. Bakit ba kailangan mo pang gawin yun kay Mica?!"**

**"Wala kana don! Umalis ka nga dyan!"** Sinubukan nya'ng lumakad sa ibang direksyon pero hinarangan ko ulit sya.

**"Hindi ako aalis! Hindi mo ba naisip na babae si Mica?!"**

**"I don't care! Get out of my way!"**

**"Tsk! Hindi! Patigilin mo yang mga D-monyito'ng inutusan mo!"**

**"Argh! Bakit ba ang kulit mo?!"**

**"Talaga'ng makulit ako! Tigilan mo na si Mica! Sure naman ako'ng hindi sya yung nagsabi ng '*Malandi*' sa banyo! Iba yung boses nung nagsabi kay Mica!"** Paliwanag ko na nagpahingal sakin. Sabayan ba naman ng paghabol ng harang kay Aries.

**"Wala ako'ng paki kung kanino galing yun! Andun pa rin si Mica at hinayaan lang nya'ng sabihin ng iba yun tungkol sa kaibigan nya!"**

Tama naman sya! Pero hindi pa rin tama na gawin nya yun! Tsaka Hello! Si Freya kaya kasama nya sa CR nung narinig ko yun. Itsura pa lang nung bruha obvious naman na hindi sya makakalaban dun.

**"Sa itsura ni Mica, tingin mo kaya nya'ng makipag-away sa mga nagsabi nun?"**

Natahimik naman sya sandali na parang nag-isip.

**"Kaya patigilin mo na yung mga D. Tigilan na nila si Mica."** Paki-usap ko.

**"Anu ginawa ng D kay Mica?!"**

May nagsalita mula sa likod ni Aries. Pareho kami'ng hindi nakagalaw. Boses ng pamilyar na babae. Sabay kami'ng tumingin ni Aries sa likod nya.

**"E-ella..."** Bulong ko.

Nakatingin sya kay Aries na may halo'ng disappointment.

**"Look Ella... Let me explain."** Sabi ni Aries at unti-unti'ng lumapit dito.

Umiling lang ang Ella at mabilis na naglakad palabas ng bahay. Ganun din ang ginawa ni Aries.

*Muka'ng may mag-aaway ng dahil sakin...*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 37

**Author's Note:** May kwento ako.. kahit hindi nyo pansinin, kukwento ko pa rin. Hahahahaha.. 10 Chapters ahead na kasi ako, kapag ka sobra sa 10 marami akong ina-update. Ginawa ko to para in case na ma-writers block, meron pa rin akong ma-update. Kayalang ilang araw na ko walang maisulat kaya natagalan. At hindi ko pa rin nababawi yung 10 chapters. Balik muna sa 2-3 chapters update...

Narinig nyo na yung **Jupiter's Auroras Sound** pati **Saturn's Sound Cassini**... Sakit kasi sa tenga, ang creepy pa. *Share ko lang.*

++++++++++++++++++++++++++++++

**Baby**

***Jay-jay's POV***

Late na ko pumasok. Pinag-tataguan ko kasi si Aries. Nag-away nga sila ni Ella sa labas lang ng bahay. Pagbalik ni Aries ako agad yung hinahanap nya sa mga maid.

Nasa kwarto na ko nun at nagkukulong. Ni-lock ko'ng mabuti yung pinto ng kwarto. Baka kasi sa sobra'ng galit nya sakin, ibalibag nalang nya ko.

Pagpasok sa room ng Section E, nakita ko si Calix na nakadukdok sa lamesa nya. Naalala ko bigla yung mga kinuwento ni Mica sakin.

Humarap ako sa pwesto ko at nakita ko si Ci-N na nakangiti sakin. Agad din ako'ng ngumiti sa kanya at....

**"Hi Baby!"** Bati ko kay Ci-N.

Agad ako'ng tinignan ng mga ulupong ko'ng classmate. Dahil likas na abnormal itong si Ci-N....

**"Hello Bey-by!"** Balik nya'ng bati sakin habang naka-todo smile.

Si Calix talaga ang pinaparingan ko sa ginagawa namin. Si Ci-N ang nagkwento sakin na *Baby* ang endearment nila ni Mica. Kaya ito, may kalokoha'ng pumasok sa isip ko.

Effective naman, dahil masama na ang tingin sakin ni Calix. Nakita ko si David na nakaharap sa phone nya.

**"Hi David... Baby!"** Bati ko dito.

Bigla nalang namula si David at umiwas ng tingin.

*Hahaha...*

Napatingin ako kay Yuri at Keifer na pareho'ng nakatitig sakin. Expressionless or poker face lang ang drama nila.

*Problema nito'ng mga to?!*

Inirapan ko nalang sila at naupo na sa trono ko. Katabi ng dalawa'ng knight ko. Kasi naman, tatlo lang kami dito sa gitna at lahat sila sa dulo at gilid.

Atleast nag-improve. *Dati ako lang.*

Busy ako sa pakikipag-kulitan kay Ci-N ng bigla nalang tumahimik ang lahat. Literal na tumahimik na para'ng may dumaan na anghel.

Niligid ko naman yung mata ko, baka meron nga hindi ko lang nakita.

Yung mga nakatayo sa may pinto na nagpo-Pokemon Go unti-unti umatras at gumilid. Unti-unti ring pumasok ang isa'ng babae.

*Ella.*

Huminto sya malapit sakin. Kahit hindi nya sabihin, dama ko'ng takot sya. Hindi ko nga lang alam kung saan o kung kanino.

Ngumiti sya sakin. **"P-pwede ba kita'ng makausap sa labas?"** Tanung nya.

Napalingon ako kay Keifer at Yuri. Na nakatingin samin----mas tama ata'ng sabihin na nakatingin si Keifer kay Ella at si Yuri nakatingin sakin.

Binalik ko yung tingin ko kay Ella. Ngumiti ako at nag-nod.

Una sya'ng lumabas at nakasunod lang ako. Medyo lumayo kami sa room, kasi obvious naman na makiki-tsismis yung mga ulupong na yun.

**"Gusto ko sana'ng magpa-salamat sayo. Sa ginawa mo'ng tulong kay Mica."** Nakangiti nya'ng sabi. **"Nasabi na rin nya lahat sakin."**

Ngumiti din ako at napahimas sa batok. Aaminin ko, nahihiya ako. **"W-wala yun. Saltik kasi yung mga D-monyito na yun."**

**"Nag-usap na rin kami ni Aries."**

**"Ahh.. So hindi na nya ko susugurin?"** Tanung ko.

Malay ba natin kung anu'ng usap yun.

**"Hindi na..."**

Nag-nod lang ako. Tumahimik kami pareho ng ilang sigundo. *Ang awkward naman nito.*

**"Uhm Jay..."** Pambasag nya ng katahimikan. **"...hihingi sana ko ng pabor sayo."**

**"Anu yun?"**

**"Sana pagpatuloy mo yung pagtulong kay Mica kapag wala ako. Sana rin..."** Napakagat sya sa ibabang labi nya. **"...Sana... Wag mo ng palapitin si Calix kay Mica."**

Nabigla ako dun sa sinabi nya. Wag palapitin? Sinasabi ba nya'ng wag ng pag-ayusin yung dalawa?

**"Ha? B-bakit?"**

Tumingin sya sa gawi ng room namin bago muling humarap sakin. **"Sobra'ng nasaktan si Mica sa nangyari----sa ginawa ni Calix. Hindi ko kaya'ng makita ulit sya ng ganun. Tama na yung minsan na sya'ng nasaktan. Malapit na sya'ng maka-move on."**

**"H-hindi naman ata pwede yun. Panu kung gusto na talaga nila'ng magka-ayos?"**

**"Hindi na gusto ni Mica na makipag-ayos sa kanya."**

**"Panu mo naman-----"**

**"Jay!"** Napasigaw na sya. **"..gawin mo nalang yung pabor ko. Nakiki-usap ako."**

Magkaibigan ba talaga sila? Bakit ganyan sya mag-salita? Andun na ko sa part na concern sya kay Mica at ayaw lang nya ulit na masaktan yung kaibigan nya.

Pero wala naman ata sya'ng karapatan na pigilan yung dalawa.

**"Yung una'ng pabor magagawa ko... Pero yung pangalawa, hindi ko mapapangako."**

Nagpilit sya ng ngiti at nag-nod. Umalis na sya ng wala'ng iba'ng sinabi.

Bahala sya, hindi ko pipigilan yung dalawa. Suportahan ko sila sa kahit anu'ng usap nila. Buhay nila yun.

Bumalik ako sa room at feeling ko may anghel talaga sa loob. Ang tahimik nila habang nakatingin sakin.

**"A-anung pinag-usapan nyo?"** Pambasag ni Ci-N sa katahimikan.

**"Thank you daw sa ginawa ko kay Mica at nanghingi sya ng pabor."**

**"Tungkol saan?"** Tanung ni Keifer.

*May na-iintriga!*

**"Wala... Samin nalang yun."** Walang gana ko'ng sagot at naupo.

*Hay!* Anu kaya'ng pwede'ng gawin kay Calix at Mica. Hindi sa nakiki-alam ako pero makiki-alam na talaga ko.

Nakaka-awa na kasi si Calix. Muka ng gusgusin. Totoo yun, pinakita kasi sakin ni Mica yung picture ni Calix dati. Gwapo'ng nilalang din naman pala.

Kayalang ngayon malapit ng maging taong grasa. Try nya'ng 2 weeks na walang paligo at magpa-laboy laboy. Achieve na nya yun.

Tamad-tamad mag-ahit, guso't ang damit, ang haba ng buhok at ang lalim ng mata. Halata'ng laging puyat, muka din sya'ng nakadroga.

*Lait pa more!*

Kasalukuyan ako'ng nag-solve ng Math problem. Bakit ang problema sa buhay may solution? eto parang wala.

**"Jay... May sagot kana?"** Tanung ni Ci-N.

Umiling lang ako. Wala naman kasi talaga ako'ng isasagot. Buti nalang tamad din yung teacher namin sa Math, nilayasan kami.

**"Malapit na nga pala yung periodical."** Sabi ko.

**"Oo.. Panibago'ng kahihiyan para sa E."** Sabi ni Ci-N.

Taka ko sya'ng tinignan. **"Kahihiyan?"**

**"Kapag kasi lumabas na yung final grade para sa periodical sa halip na ibigay samin. Ipinapaskil nila sa Main building."**

*What the...* Panu kung bokya yung tao? Kita'ng kita nila. Kakahiya nga!

Anu ba yan? Kinabahan tuloy ako.

**"Ang sagwa naman nun..."**

**"Sinabi mo pa... Para daw ma-motivate yung students na mag-aral mabuti."**

**"Hindi rin."** Bulong ko.

Para kasi'ng ba-baba lang self-esteem mo kapag ganun. Napahiya kana sa buong school eh. Tapos pagt-tripan kapa.

Bumalik ako sa pag-solve ng lintik na Math problem. Medyo tahimik ang buong klase ng bigla nalang tumayo ang Calix hawak ang Cellphone nya.

Para sya'ng nalilito na maiiyak.

*Ganun ba kahirap ang Math problem?*

Tapos bigla nalang sya tumakbo palabas. Pare-pareho kami'ng nagtaka.

**"Sundan nyo si Calix!"** Bigla'ng sigaw ni Keifer hawak din ang cellphone nya.

Kahit nagtataka, nagtayuan na rin yung iba at naglakad palabas. Ganun din ang ginawa namin nila Ci-N at David.

Sa harap ng Main building namin sya natagpuan. Nakatayo lang sya sa malayo may pinapanuod na eksena sa gitna. Pinagkakaguluhan din yun ng mga students.

Pilit din nami'ng tinignan yun. Mahirap makita dahil sa dami ng tao. Kaya nakipag-siksikan ako kasunod ng ibang classmate ko.

Sa gitna, nakaluhod si Mykel sa harap ni Mica. May hawak na bouquet ng bulaklak at may malaking tarpaulin sa likod na '*Can you be my girlfriend?*'.

Katabi ni Mica si Ella na kung todo smile at saya para sa kaibigan. Samanatala'ng si Mica, halata'ng nag-aalangan.

"*Sagutin mo na sya...*"

"*Oo nga...*"

"*Gwapo naman si Mykel.*"

Hindi nya pwede'ng sagutin si Mykel.

Awtomatiko'ng napatingin si Mica sa pwesto namin.

**"Mica..."** Bulong ni Calix na nasa tabi ko pala.

Kusa nalang naiyak si Mica. May binulong si Ella dito at unti-unti'ng kinuha ni Mica yung bulaklak sa kamay ni Mykel.

Pero bago pa nya tuluya'ng mahawakan yun. Kusa'ng gumalaw ang kamay ko para hablutin yun at ilayo sa kamay nya.

*Pacensya na. Kailangan ko talaga'ng maki-alam.*

**"Eto ba talaga yung gusto mo?!"** Tanung ko kay Mica.

**"Wag ka nga'ng maki-alam dito!"** Sita sakin ni Mykel.

Pero hindi ko sya pinansin. Si Mica ang kailangan ko'ng makausap.

**"Sagutin mo ko! Wala kana bang nararamdaman para kay Calix?!"**

**"Jay... Kasi----"** hindi na natapos ang sasabihin ni Mica. Inunahan sya ni Ella.

**"Hindi na nya Mahal si Calix!"**

Pero hindi ko pa rin inalis ang tingin ko kay Mica.

**"Sayo ko gusto'ng marinig yan!"**

**"Jay! Wag kana maki-alam dito!"** Utos ni Aries.

Wala ako'ng balak pansinin sila. Kay Mica lang ang atensyon ko.

**"Sumagot ka!"**

Hindi sya nagsasalita. Nakatingin lang sya kay Calix na nasa likod ko.

**"Wag ka ng maki-alam dito! Umalis kana!"** Sigaw ni Mykel sakin at akmang babawiin yung bulaklak.

Sa halip na hayaan sya, hinagis ko sa kung saan yun at nagkalasug-lasug.

**"JAY!"** sigaw ni Aries.

Biglang hinawakan ni Mykel ang kwelyo ko at tinignan ako ng masama. **"ANU BANG PROBLEMA MO?!"**

Kahit hindi ko nakikita. Ramdam ko ang mabigat na awra ng Section E. Kahit kasi mga A bigla'ng nag-iba ang presensya.

Kay Mica pa rin ang tingin ko kahit umaangat na sa lupa ang paa ko. Matangkad kasi talaga si Mykel.

**"Bitiwan mo si Jay!"** Sigaw ni Ci-N.

**"Yan ba yung ipagpapalit mo kay Calix? Nananakit ng babae."** Sabi ng kung sino sa likod ko.

Tinamaan naman ang Mykel at agad ako'ng binitawan. May nag-tap sa braso ko.

Si Calix, nginitian nya ko na para'ng nagsasabi ng *salamat.*

Humarap sya kay Mica. **"Mica... Bigyan mo lang ako ng pagkakataon na makausap ka. Kahit 30----20minutes. Yun lang hinihingi ko at titigilan na kita."** Paki-usap nya.

Sandali'ng tumingin si Mica kay Ella bago sumagot.

**"S-sige... Pero hindi dito."** Sagot nya.

Parang nakahinga si Calix sa narinig. Ganun din ako yun nga lang, masama ang tingin sakin ni Mykel at Aries. Isama pa yung tingin ni Ella na parang binibigyan ako ng sumpa.

Yari!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 38

**Letter full of love**

***Aries's POV***

**"Hindi mo ba pwedeng kausapin si Jay-jay?"** Ella ask me.

I shook my head. Kahit gustuhin ko, hindi susunod yun.  Feeling ko nga lalu pang tumigas ang ulo nya lately.

**"BWISIT!"** Mykel shouted.

Kanina pa sya ganyan. I can't blame him. He really like Mica.

**"Relax Mykel, mag-uusap pa lang sila pero it doesn't mean na magkakabalikan na."** Kiko said.

**"Hindi mo ko naiintindihan! Palibhasa kasi wala kang kaagaw kay Freya!"** Galit na sagot ni Mykel.

Kiko chuckled. **"Sinong may sabi na si Freya ang gusto ko? Hindi ko sya type!"**

Kumunot ang noo ko sa sinabi ni Kiko. Is he referring to Jay? Seryoso talaga sya na gusto nya si Jay? I can't believe this!

**"Tama na yan!"** Awat ko sa kanila.

**"Tama si Kiko, Mykel. Mag-uusap pa lang sila. Kung gusto nyo kakausapin ko muna din si Mica."** Ella said.

Ayaw nya talaga kay Calix. Sabagay, he makes Mica cry. Kahit sino naman atang kaibigan magagalit kung ganun ang ginawa sa kaibigan mo.

**"Wag na Ella. Malinaw naman ang usap nyo na ayaw na nya kay Calix diba?"** Mykel ask.

Ella nodded. Hindi ko alam kung ganu katagal maghihintay. Problema lang sana ni Mykel to, ewan ko kung bakit nadamay pa kami.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Booogsshhh! Kaboooob! Aarrgghhh! Optimus!"**

Si Ci-N yan. Naglalaro ng... Ng... Anu tawag dun sa mga laruan na nakukuha sa loob ng chutchirya?

*Transformer?!*

Basta yun! Tapos maliit. Namili kasi ako ng dalawang pack ng chutchiryang mamiso. Hindi ko alam na may laruan sa loob. Syempre kanino pa ang bagsak nun? Sa mga ulupong kong kaklase, yung laruan kay Ci-N.

**"Ayan na! Kaaablaaaag! Bumble bee!"**

**"Tigilan mo nga yan Ci! Papakain ko sayo yan!"** Sita ni Calix.

**"Hayaan mo nga sya!"** Kontra ko.

Naglalaro yung bata tapos babawalan nya.

**"Ikaw nga dapat yung tumigil! Kanina ka pa lakad ng lakad!"** Puna ko sa ginagawa nya.

Buhat kasi ng makabalik kami sa room, wala na syang ibang ginawa kundi maglakad, maupo o ikutin ang room plus awayin kaming mga classmate nya.

**"Hindi pa rin kasi sya nagtetext. Sabi nya itetext nya ko kung saan."** Sabi ni Calix habang patuloy sa pag-ikot.

**"Malay mo naman walang load."** Sagot nung isang classmate naming busy sa pakikipag-laro kay Ci-N.

Oo, may nakikipag-laro sa kanya. Hindi ko nga lang alam pangalan.

**"Oo nga naman... Tama si---Anu pangalan mo?"**

**"Tagal na nating magkasama hindi mo pa rin alam pangalan ko?"**

**"Tingin mo itatanung ko kung alam ko?"** Pagsusungit ko.

Sasabihin nalang ang pangalan, magtatanung pa.

**"Tsk! Eren de Luna..."** Sagot nya.

**"Ok.."** Tinignan ko ulit si Calix. **"..Tama si Eren. Malay mo walang load."**

Hindi sumagot si Calix. Tinignan lang ulit ang cellphone nya at bumalik sa ginagawa.

Pati ako naiinip na rin. Idagdag pang walang klase. Wala si Ma'am Zaragosa.

Kinuha ko nalang ang cellphone ko. Mag-lalaro nalang ako. Pagbukas, meron akong text galing sa unknown number.

**From:** *+639**********
**Message:** *Mica to... Paki-sabi kay Calix, sa dating meeting place namin. Mamayang uwian. Salamat.*

Bakit sakin sya nagtext? Mukang kanina pa tong text na to.

Lumapit ako kay Calix at iniharap sa kanya yung phone ko.

**"Sakin pala sya nagtext. Hehe."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Inagaw naman ni Calix yung phone ko at tinignang mabuti yung text.

**"Okay na? Pwede ka ng tumigil sa pag-lakad lakad?"** Tanung ko sa kanya.

Binalik nya yung phone sakin at nanahimik sa upuan. Edi ayan! Solve!

Dumating ang sunod naming teacher para sa sunod na klase. Parang ang bagal ng oras.

Eto yata yung sinasabi nila na '*It feels like eternity*'. Halatang hindi mapakali si Calix, parang sinisilihan ang pwet.

**"Gumawa kayo ng report tungkol sa mga bayani. Ngayon na! Eto magkaka-member."** Utos ni Ms. Smith.

Para talaga syang hindi teacher umasta. Pero astig at ang sexy.

**"...Mariano, Peralta, Braselton & Rivera..."** Tawag ni Ma'am samin.

Ayos! Si David at Ci-N, tsaka pala si Calix.

Lumipat kami ng upuan, palapit kay Calix. Obvious naman kasi na wala syang balak umalis sa pwesto nya.

**"Anu daw gagawin?"** Tanung ko sa kanila habang naghahalungkat ng papel sa bag.

**"Ewan ko..."** Sagot ni Ci-N.

Nilabas ko yung notebook ko. Dun ko muna isusulat mga gagawin namin.

**"Ako magsusulat..."** Prisinta ni Ci at inagaw yung notebook ko.

Dala ng pagiging kasat, nahulog yung notebook ko. Nagsabog ang mga naka-ipit.

**"Hay naku!"**

Pinulot ko yun at pati mga naka-ipit na laman. Damdamputin ko na sana yung huling naka-ipit sa notebook ko ng unahan ako ni Calix.

*Yung Love Letter.*

**"Bakit meron ka nito?! Saan mo nakuha to?!"** Galit na tanung nya sakin.

Ang totoo, nakalimutan kong nasa bag ko yan. Nawala sa isip ko matagal na panahon na. Akala ko naitapon ko, andito lang pala sa notebook ko.

**"A-anu..."**

Pinagtitinginan na kami ng mga ulupong.

**"Hindi ba kayo makakagawa ng hindi nag-iingay?!"** Sita samin ni Ma'am.

**"SAAN?!"** Sigaw nya.

**"Sa taas, dun sa room----Hoy!"**

Mabilis na tumakbo palabas si Calix. Pati mga classmate namin napatayo na rin at nagpabalik-balik ng tingin sakin at sa pinto.

**"Anong nangyari don?"** Mahinahong tanung ni Ma'am.

Napakamot ako sa ulo. **"Kasi... Yung... Anu..."**

**"Sundan mo nalang kung hindi mo masabi."** Bored na utos ni Ma'am.

Ginawa ko naman at mabilis na naglakad palabas. Sure akong sa taas ang punta nya dahil dun galing yung sulat.

Malapit na ko sa room ng may marinig akong umiiyak. Galing yun sa room kung saan ko nakuha yung sulat. Dahan-dahan kong sinilip.

Si Calix yun, nakaluhod sya habang nakayuko at tinitignan ang mga papel sa sahig. Hindi na dapat ako lumapit sa gantong sitwasyon.

Alam kong gusto nyang mapag-isa. Kayalang kasi....

Dahan dahan akong naupo sa tabi nya. **"P-pwede----"**

**"Wag ka munang magsalita. Ayoko ng sermon."** Sabi nya, kaya tumahimik naman ako.

Hindi ko alam kung aalis ba ko o mauupo nalang sa tabi nya.

**"L-lagi nya kong binibigyan ng sulat. G-gustong gusto kong binabasa yung mga yun."** Sabi nya habang umiiyak pa rin.

**"N-naguguluhan ako nung una. P-pero malinaw na sakin, na mahal na mahal ko sya."**

Nakatitig lang ako sa kanya.

**"P-panu ko pa yon, i-ipaparamdam sa kanya? A-ang laki ko kasing tanga!"** Bigla na lang nya hinampas ang ulo nya.

Nagulat ako kaya agad ko syang pinigilan. Lalung lumakas ang pag-iyak nya.

Dati, natatawa ako kapag nakakakita ng lalaking wagas kung umiyak. Pero ngayon, awa na yung nararamdaman ko.

Niyakap ko sya. *Wala tong malisya!*

Patuloy pa rin sya, at naiiyak na rin ako. Ayoko talaga ng drama! *Kainis!*

May ilang minuto din siguro syang umiyak bago huminto. Binabasa nya isa-isa yung papel sa harap nya, na Letter pala galing kay Mica.

Kumuha ako ng isa at binuksan. *Ako na paki-alamera.* Pero yung sulat na napulot ko yung nakuha ko.

**"Tignan mo to..."**

Pinakita ko yung part ng sulat na may nakalagay na... '*isigaw mo lang na mahal na mahal mo ko mawawala lahat ng yun*.'

Ngumiti sya. **"Sana nga gumana yan..."**

Tumunog na yung bell. Uwian na, nawala sa isip ko yung report. Hanep yan!

Tumayo na ko at pinagpag ang palda ko.

**"Panu? Iwan na kita... Ikaw ng bahala sa lahat."** Sabi ko at ngumiti.

Palabas na ko ng room ng biglang magsalita si Calix.

**"Salamat Jay..."**

Ngumiti ulit ako sa kanya. Mabilis akong naglakad paalis. Pagbalik sa room, agad akong sinalubong ng mga ulupong.

**"Jay! Anu nangyari?!"** Bungad ni Ci-N.

**"Bakit umalis si Calix?"** Tanung ni Eren.

**"Magkikita paba sila ni Mica?"** Singit ni Kit.

Napangiwi ako sa kanila. Iisa lang ako mga brad!

**"Mag-uusap na sila ni Mica. Hayaan na natin sila."**

Kinuha ko yung bag ko at inayos yung mga gamit ko. Uuwi na ko, bukas nalang ako makiki-balita sa kanila.

**"Magsi-uwi na kayo..."** Utos ko sa mga ulupong.

Kayalang ang mga hinayupak hindi gumagalaw. Mga wala atang balak umuwi.

**"Uuwi ba kayo o pagsi-sisipain ko kayo?!"**

**"Maya nalang Jay..."** Sagot sakin ni Ci-N.

**"Ayaw nyo?!"** May paghahamon sa tono ko.

Umiling lang sila.

**"Sige... Wala kayong chocolate bukas."**

Pagkasabi nun parang may mga lakad na nagmadali sa paglabas ang mga luko.

**"Ayos..."** Bulong ko.

Huling lumabas si Yuri at Keifer na pareho pang tumingin sakin sandali.

Kung hindi sila magkalahi magka-dugtong siguro ang pusod nila.

*Tama!*

Lumabas na din ako. Nagagawa pang magkulitan ng mga luko habang naglalakad.

**"Jay... Ako una mong bigyan ah?"** Bulong ni Ci-N.

**"Wala ba kayong pambili g chocolate?"**

**"Meron... Mas masarap kasi kapag bigay o kaya libre."** Todo ngiting sagot sakin ni Ci-N.

Wala akong masabi. Ibang klase! Nakalagpas na kami sa main building ng makasabay namin sa paglalakad ang grupo ni Aries.

Nagpalitan na ng matatalim na tingin ang magkabilang partido. Ang sama rin ng tingin sakin ni Mykel.

Syempre, hindi ako papatalo sa tingin nya. Yun nga lang, nawala sa isip kong naglalakad kami. Ayun nabunggo ako sa pader----Joke! sa likod talaga ng kung sino.

Huminto kasi yung nasa harap ko na si Keifer pala. Bakit ang tigas ng likod nya?

Pero hindi nya pinansin yung pagkakabunggo ko. Busy sya sa pagbulong kay Felix. Hindi sa nakikinig talaga pero narinig ko lang.

"*Balikan nyo si Calix. Delikado sya kay Mykel.*"

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 39

**One Last Chance**

***Jay-jay's POV***

Ang sarap pagmasdan ng muka ni Calix ngayon. Wala akong crush sa kanya ah. May bago lang kasi. Ang aliwalas kasi ng muka nya.

Ganun pa din naman ang ayos nya. Muka pa rin'g gusgusin. Hindi nag-ahit at ang kapal ng buhok. May kakaiba lang talaga.

**"Type mo naba si Calix?"** Bulong sakin ni Ci-N.

Tinignan ko sya ng masama. **"Type agad? Hindi ba pwedeng may bago lang sa kanya?"**

Tinignan din nya si Calix at tumango-tango. May kakaiba talaga sa kanya. Hindi naman sya ngumingiti, nakasibangot pa rin.

Ganun ata talaga kapag nabawasan ang bigat na nararamdaman.

*Speaking of nararamdaman...*

Nararamdaman kong kailangan kong magbanyo. Sandali akong nagpa-alam kay Ci-N at mabilis na naglakad papuntang CR.

Sinilip ko muna, pati mga cubicle. Mahirap na! Nakakadala yung nangyari nun.

Habang naka-upo sa trono. Napansin ko yung mga vandalism sa pinto ng cubicle.

*Love is Blind*

*Panget si Mayet*

*I Like You Yuri*

*Super gwapo mo Keifer*

Pfffttt. Super talaga? May nagkakagusto pala sa mga mokong na to. Dapat dun nila sinulat to sa CR ng lalaki. Mababasa ba nila to kung dito ilalagay.

Kinuha ko yung pHone ko at kinuhanan ng picture yung mga vandal. Ipapakita ko sa Hari ng ulupong.

*Light bulb*

May pumasok na ideya sa utak ko. Ideya para mapatunayan na si Freya nga ang nagsabi nung '*M*' word.

Mabilis akong nag-ayos at isinagawa yung plano ko. Sana lang hindi mawala yung phone ko dito.

Matapos i-set up ang mga kailangan lumabas na ko ng CR. Finger cross na sana dito mag-CR si Freya.

Nakita ko si Felix na naglalakad. Papasok pa lang siguro sya.

**"Felix!"** Tawag ko at tumakbo palapit sa kanya.

Pero tinignan lang nya ko. Medyo matagal na kaming hindi nag-uusap. Start nung nalaman nilang pinsan ko si Aries.

**"Uy! Kamusta?"** Tanung ko at ngumiti.

**"Ayos lang..."** Walang gana nyang sagot at muling bumalik sa paglalakad.

*Anu bang problema nito?*

**"Huy! May ginawa ba ko sayo? Bakit ba hindi mo na ko kinakausap?"**

Hindi nya ko pinansin at tuloy pa rin. Nakarating kami sa room ng hindi ako kinakausap. *Bakit ba kasi?*

Hindi pa ko nakakaupo ng salubungin ako ni Calix.

**"Pwede ba tayong mag-usap?"**

Tumango lang ako at sinundan sya. Sa tapat kami ng hagdan huminto.

**"Bakit? May problema ba?"** Tanung ko.

**"Kinakabahan kasi ako..."**

**"Ha?"**

Napahimas sya ng batok at tinignan ako. **"Naging maayos yung pag-uusap namin kahit medyo... Nag-iyakan kami. Nanghingi ako ng isa pang chance pero hindi ko alam kung payag sya."**

**"Wala ba syang sinabi kung itetext ka nya or tatawagan?"**

Umiling lang sya at tumingin sa malayo.

**"Gusto mo bang kausapin ko sya?"** Tanung ko.

Hindi sya nagsalita. Nakatingin pa rin sa kung saan.

**"Sige.. Kapag nakakuha ako ng pagkakataon, kakausapin ko sya."** Sabi ko at humarap sakin si Calix.

**"Salamat.."** sabi nya at ngumiti.

Ngumiti din ako sa kanya at bumalik na sa room. Sakto naman dahil kasunod na namin ang teacher.

Walang pumapasok sa isip ko. Barado kasi---*Charot!* Iniisip ko kasi yung phone ko sa banyo, plus si Felix na hindi ako pinapansin.

Yung totoo medyo nami-miss ko na din sya. Yung paglapit-lapit nya sakin at paghingi ng pagkain. Oo sandali panahon lang yun pero hinahanap-hanap ko eh. Wala rin akong crush sa kanya.

Mabilis na natapos ang mga sunod na subject. Ganun talaga, lutang nga eh. Nagpaaalam muna ko kay Ci-N. Sabi ko sa tambayan nalang kami magkita.

Pumunta ko sa banyo at hinanap ang phone. Andito pa naman at mukang nakuha ko na yung kailangan ko.

*Eto na! Eto na!*

Lumabas muna ko ng CR at tumakbo pabalik sa tambayan namin. Andun na si Ci-N at David. Excited pa kong naupo at binuksan ang phone ko.

**"Anu yan?"** Tanung ni Ci-N at naki-usyoso.

Pati si David tumingin na rin. Kuha to sa loob ng banyo. Nilagay ko yun sa tissue box na nakadikit sa dingding sa tabi ng salamin. Sira naman yun kaya walang nakapansin.

*Video play...*

Matagal bago magkaroon ng tao sa CR kaya fast forward na ang ginawa ko. Sakto naman na natapat kung saan pumasok si Freya sa banyo.

Buti nalang dun sya ng-CR!

**"*OMG! Look Girl!*"** Sabi ni Canvas-1 habang nakatingin sa salamin.

Tinignan yun ni Freya at agad na umusok ang ilong nya sa galit.

**"*Ang kapal! Kung may malandi dito! Hindi ako yun! How dare... Humanda sakin ang nag-sulat nito!*"** Galit na sabi ni Freya at pilit binura yung nakasulat sa salamin.

**"*Sino namang maglalagay nyan dyan? Ang lakas ng loob nya!*"** Sabi ni Canvas-2.

"***Maybe it was Jay! Sya lang naman ang malakas ang loob na kalabanin si Freya!***" Gatong ni Canvas-1

"***Sinabihan ba natin syang malandi?!***" Inusenteng tanung ni Canvas-2

*Oo! Sinabihan nyo ko!*

Nag-isip sandali ang tatlo at parang ulyaning hindi nila maalala. Ang shunga naman ng mga to!

"***Or maybe it was Ella! Remember yung incident?!***" Sagot ni Freya sa kanila.

They all has the complete puzzled look.

"***Yeah! Sure akong sya yun! Sya lang naman yung sinabihan natin ng malandi!***" Maarteng sabi ni Canvas-1.

*Aarte talaga ng mga to! Ngetpadudets naman!*

"***Malakas ang loob nya because she have Aries! Nakakainis!***" Iritang sabi ni Freya.

Nagpa-maywang pa sya sandali at tinitigan ang reflection sa salamin. Pwede ring tinititigan nya yung sinulat ko na obvious naman na hirap syang burahin.

"***Aaarrggghhh!!***" Sigaw ni Freya at nagpapadyak.

*Abnormal!*

"***Ikaw ang malandi! Ellang malandi! Saksakan ng landi! Sobra sa---***" hindi natapos ni Freya ang sasabihin. Tinakpan na kasi nung dalawang Canvas ang bibig nya.

"***Baka may makarinig na naman sayo! Anu kaba?!***" Sabi nung Canvas-2 at pilit hinatak si Freya paalis.

*Wagi ang plano ko*! Sobra pa sa hinihingi ko yung nakuha ko.

**"Para saan yan Jay?"** Tanung ni Ci-N.

**"Para kay Aries at para makaganti na rin kay Freya."** Sabi ko habang inaayos ang video.

Kailangan ko i-cut. Yung kuha lang naman ni Freya ang kailangan ko.

**"Anu pala yung nakalagay sa salamin na ikinagalit ni Freya?"** Tanung ni David.

Hindi ako sumagot. Pinakita ko lang sa kanya yung picture. Kinuhanan ko muna kasi yung sinulat ko bago ilagay yung phone sa gilid.

"*Ikaw ang malandi Freya! Hindi ako!*

*P.S. Hindi ka rin kagandahan kaya tumigil ka sa pag-iinarte.*"

Napangiti naman si David. **"Hanga na ko sayo Jay-jay..."**

Gumanti naman ako ng ngiti, na hindi matutumbasan ng kahit anu. Kailangan ko nalang ipakita kay Aries to. Tignan ko lang kung hindi umusok ilong nya sa galit kapag nalaman nyang sinabihan na naman ng '*M*' word si Ella.

*Bwuhahahahahahaha... *Evil Laugh**

**"Pwede bang kumain muna tayo? Nagugutom na ko..."** Reklamo ni Ci-N habang naka-pout at naka-hawak sa tyan nya.

Oo nga pala. Nawala sa isip kong lunch break na. Na-excite ako sa videong hawak ko eh.

Nilagay ko muna sa bag yung phone ko at kinuha yung baon namin. Dalawa na silang pinagbabaon ko. Walang nagsabi sakin na ipagbaon si David. Kusa kong ginawa yun.

**"Eto sayo... At eto sayo..."** Sabi ko habang inaabot yung baunan sa kanila.

Tuwang tuwa ang Ci-N at buong galak na binuksan ang baunan. Si David walang reaksyon pero alam kong nagustuhan nya. *Basta alam ko!*

Ako din masaya! Masaya akong makakaganti kay Freya. Bwuhahahaha...

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci habang ngumunguya. **"Tigilan mo yang pag-ngiti mo. Muka kang tanga."**

Nakangiti pa rin ako. Kahit anung sabihin nila. Ngingiti pa rin ako. Makakaganti na ko sa pesteng Freya na yun.

*I'm so excited... And i just can't hide it!*

Yan! Napakanta na lang ako. Kasi naman... Hindi ko maimagine yun galit ni Aries. Malilinis na rin yung pangalan ni Mica at the same time.

Matapos ang lunch. Bumalik na kami sa room. Sabay-sabay pa kaming tatlo sa paglalakad. Nakahawak pa ko sa braso nila David at Ci-N. Escort lang ang peg.

**"Jay-jay!"** May tumawag sakin.

*Mica.*

Ngumiti ako sa kanya at lumapit. **"Bakit?"**

Gumanti sya ng ngiti sakin. **"Gusto lang sana kitang makausap."**

Tumango ako at sinenyasan sila Ci-N na tumuloy na. Medyo lumayo kami sa room. Syempre, manana-inga na naman yung mga classmate ko.

**"Jay..."** Mica started. **"...Gusto ko sanang hingin ang opinyon mo."**

**"Tungkol saan?"** Tanung ko.

**"Tungkol samin ni Calix. Kagaya kasi nung sinabi mo dati, mas mabilis akong makaka-move on kung papakinggan ko yung explanation nya... Totoo yun Jay. Gumaan yung pakiramdam ko nung nagka-usap kami."** Paliwanag nya.

Sabi nga pala ni Calix na nanghingi sya ng isa pang chances. Yun nga lang hindi nya alam kung payag si Mica.

**"Tingin mo ba dapat ko pang bigyan ng isa pang pagkakataon si Calix?"** Tanung nya sakin.

Napahimas ako sa batok. **"Yung totoo... Ikaw dapat ang nakaka-alam nyan. Pero..."** Tinignan ko sya sa mata. **"...Tao lang si Calix. Nagkakamali din sya, sapat na siguro yung mga panahon na iniwasan mo sya para ma-realize yung mali nya. Hindi rin masama kung ibibigay mo yung pagkakataon na hinihingi nya."**

Kinikilabutan ako sa mga pinagsasabi ko. Ngayon lang ako nagbigay ng advice na ganyan kalupit.

*Is that you Jay?*

Pati mga bulate ko sa utak nabigla din. *My gudness!*

**Author's Note:** Maraming thank you sa mga nagVote. Lalu na kila thankyou_22, reeza14, tristaneinar, AshLia8, aisakhaleed at sa iba pa na hindi ko nabanggit. Late ko na po kasi nabuksan notification. Ayun! *Kinilig ako.. hihihi*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 40

**Good or Bad News**

***Jay-jay's POV***

**"Buksan mo na!"** Atat na utos ko kay Calix.

**"Kinakabahan ako ih!"** Sagot nya sakin.

Tinitigan ko sya ng masama. Eto na yung pagkakataon nya para malaman yung desisyon ni Mica tapos ayaw naman nya'ng tignan. *Abnormal!*

Matapos ako'ng kausapin ni Mica kanina. Buong ngiti nya'ng inabot sakin ang sulat. Naki-usap sya'ng ibigay ko kay Calix at duon naka-lagay ang desisyon nya.

Agad ko'ng binigay kay Calix yun at hinatak ako papunta'ng second floor ng building ng Section E. Kaya eto kami ngayon. Muka'ng tanga na nagpipilitan.

**"Ako nalang magbubukas!"** Sabi ko at pilit inagaw ang sulat.

Agad nama'ng inilayo ni Calix ang sulat sakin. **"Ayoko! Ako dapat!"**

**"Bilisan mo na kasi..."** Paki-usap ko sa kanya.

**"Eto na nga!"** Sagot nya.

Unti-unti nya'ng binuksan ang sobre. Kinuha ang sulat at binuklat ito mula sa pagkakatupi.

*Pa-thrill naman to!*

Hinintay ko ang sasabihin nya. Nakatitig pa rin sya sa sulat ng bigla nalang tumulo ang luha nya.

*Shit!*

Hindi ko alam ang sasabihin sa kanya. Tuloy pa rin sya sa pagbasa at tuloy tuloy din ang pagluha nya. Gusto ko'ng mag-sorry, pero para saan naman.

Natapos nya'ng basahin ang sulat unti-unti nya'ng binaba yon. Nakatulala lang sya at lumuluha pa rin.

**"Calix..."** Tawag ko sa kanya.

Tinignan nya ko at bigla sya'ng ngumiti. Hindi ko alam kung nababaliw naba sya o pinipilit lang talaga pasayahin ang sarili.

**"Hahaha... S-salamat Jay!"** Sabi nya.

Kinakabahan ako dito kay Calix. Feeling ko nabaliw na talaga sya.

**"Jay! B-binigyan nya ko ng chance!"**

Pagkasabi nya nun, napatalon nalang ako at napa-palakpak. Alam kong OA pero kasi nag-expect na ko ng kabiguan.

Pinunasan ni Calix ang luha at tumawa. Nawala na yung malungkot na awra. Para'ng okay na ang lahat ulit.

**"Wag mo ng sasaktan ulit si Mica ah! Sakin kana malilintikan!"** Banta ko sa kanya.

Tumawa lang sya ng tumawa. Masaya ako para sa kanila. Hindi na ulit iiyak si Calix at hindi na rin kailangang tiisin ni Mica ang lahat.

Dapat ko na talaga'ng maka-usap si Aries. Kailangan na nya'ng tigilan si Mica at parusahan ang dapat parusahan.

Bumalik na kami sa room ng may buong galak. Kahit mga classmate namin napansin yung ngiti ni Calix. Binigay naman nya ang maganda'ng balita.

Hindi na ko makapag-hintay na maka-harap si Aries.

Natapos ang klase. Mabilis pa sa alas kwarto ang naging kilos ko. Lakad takbo rin ang ginawa ko para makauwi agad sa bahay.

Yun nga lang, wala pa ang Aries. Hinintay ko sya sa pinto para masiguro na hindi kami magkakasali.

May isa'ng oras na siguro ako dito sa pwesto ko pero wala pa rin. Hangang sa narinig ko yung busina ng kotse sa labas.

Excited ako'ng hinintay na maka-garahe ang kotse.

*Ayan na! Ayan na!*

Bumaba ang Aries at tinignan ako ng masama. Papasok na sya sa loob ng harangin ko sya.

**"Tsk! Bakit na naman ba?"** Galit na tanung nya sakin.

Hinarap ko sa kanya yung phone at hinayaang mag-play ang video. Matagal din sya'ng nakatitig at bigla nalang nagsalubong ang kilay nya.

**"Para saan yan? Bakit kailangan mo pang ipakita sakin yan?"** Sabi nya.

*Ay! Hindi nagalit?*

**"Proweba! Na hindi si Mica yung nagsabi nung '*M*' word kay Ella. May additional, inulit pa nya!"**

Nag-cross arm sya'ng humarap sakin. **"What do you want me to do?"**

**"T-tigilan mo si Mica..."** Sagot ko.

Hindi ganito yung expected ko. Dapat magalit sya kay Freya.

**"Granted."** Sagot nya at pumasok sa loob.

Hinabol ko sya agad at hinarangan ulit. **"Anu na naman ba?!"**

**"Hindi mo man lang ba aawayin si Freya tungkol dito?! She deserve to be punish..."**

Aries chuckled. **"That's it! Gusto mong makaganti kay Freya, is that right?"**

**"H-ha? K-kasi----"**

**"You want to use me para makaganti sa kanya! You show me that video as a proof but you also use it para mahikayat ako na magalit kay Freya!"**

**"H-hindi----"**

**"Because that's what you want! I am not going to punish Freya!"** Galit na yung tono nya. **"Don't ever try to use me again!"** Sabi nya at tuluyan ng umalis.

Alam ko'ng tama sya. Hindi ko sya dapat ginamit para makaganti kay Freya. Pero ang sakin lang, maling tao yung pinarusahan nya.

Bigo ako'ng pumasok sa kwarto. Pabagsak ako'ng nahiga at tumitig sa kisame.

*Bakit ang unfair?*

I'm just trying to help Mica at the same time punish Freya. Pero hindi yun gagawin ni Aries dahil yun ang gusto ko.

*Bakit?*

Bakit ganyan ka Aries? Sobra ba ang galit mo sakin? Sinubukan ko nama'ng makipag-ayos pero ang ilap mo. Hindi na ba tayo pwede'ng maging katulad ng dati?

Yung naglalaro tayo sa bahay nila Tita. Sinusundo mo ko sa bahay at nakiki-usap kay Mama na palabasin ako para maglaro. Inaaya mo kong maligo sa ilog at ipagyayabang mo sakin yung school mo dito sa inyo.

Alam kong gawai'ng bata yun pero yung bonding, yung mga ngitian at tawanan natin. Hindi naba pwede'ng ibalik yun?

*Kinabukasan...*

Tanghali na ko bumangon. Wala naman kasi pasok. Malulam ang panahon at parang uulan.

Naglakad ako papunta sa kusina. Gusto ko na kasi'ng kumain. Nakakagutom pala yung hindi pagbangon ng maaga.

Pagbaba, napahinto ako.

*Bakit andito tong mga to?*

**"Hi Jay!"** Bati sakin ni Kiko at kumaway.

Nagpilit ako ng ngiti at kumaway din. Andito yung mga Section A. As usual, si Freya'ng bruha, si Ella, si Kiko, si Mykel na masama ang tingin sakin at iba pa na hindi ko kilala.

Dumiretso ako sa kusina kung nasaan si Tita at nag-hahanda ng sandwich.

**"Tita... Bakit po andito yung mga classmate ni Aries?"** Tanung ko.

**"Gagawa daw sila ng report. Hinihintay lang nila si Aries at yung iba pa."** Sabi ni Tita.

Inabutan nya ko ng sandwich at baso ng juice. **"Kumain kana..."**

Ginawa ko naman, dahil gutom na ko.

Ayoko mag-stay dito sa bahay. Ang weird kasi ng pakiramdam ko kapag andito sila sa bahay. Lalu na yung Freya na yun, kumukulo ang dugo ko.

Tutal, malulam ang panahon. Mag-bike ako, mamasyal na rin ako. Hindi ko pa rin naman kasi nararating yung ibang lugar dito.

Pagkatapos kumain, bumalik ako sa kwarto at nag-ayos. Hinanda ko rin ang phone at headset ko.

Si Kiko ang unang nakapansin sakin pagbaba ko. **"Aalis ka?"**

**"Oo.. Exercise na rin."**

Parang nalungkot yung muka nya. **"Sige.. Ingat! Mami-miss kita."**

*Ahihihi... me'loves naman!*

**"Ako din..."** Walang malay kong sagot.

Bigla sya'ng ngumiti. *Anu ba yung sinagot ko?*

**"M-mami-miss ko yung sarili ko..."** Dugtong ko at bigla syang tumawa.

**"Hahahaha... Ang cute mo Jay."**

*Cute?! Cute daw ako?! CUTE DAW AKO!!! AHAHAHAHAHA*

Yung puso ko bigla nalang tumambling. Kaya bago pa sya humiwalay sa katawan ko, lumabas na ko ng bahay.

Kinuha ko yung bike at nag-pidal.

Grabe si Kiko! Nagwawala yung puso ko dahil sa kanya.

*Ang landi mo Jay!*

Habang nagb-bike, may nakasabay ako'ng mga bata na nagtuturuan sa pagbike din.

*Hay... Si Aries nga pala ang nagturo saki'ng magbike.*

Nalungkot naman ako bigla. Hindi ko dapat iniisip yun. Kasi naman tong mga bata na to!

Tapos bigla'ng lumipat yung music sa cellphone ko. Sapul na sapul saming dalawa.

(*We don't talk anymore - Charlie Puth ft. Selena Gomez*)

*We don't talk anymore*
*We don't talk anymore*
*We don't talk anymore*
*Like we used to do*

***"Jay! Tara na! May bago ako'ng laruan."***

***"Andyan na!"***

*We don't laugh anymore*
*What was all of it for?*
*Oh we don't talk anymore*
*Like we used to do*

***"Tignan mo ko! Lilipad ako!"***

***"Baka mahulog ka! Bumaba ka dyan Jay!"***

*I just heard you found the one you've been looking, You've been looking for.*
*I wish i would have known that wasn't me.*
*Cause even after all this time.*
*I still wonder*
*Why i can't move on*
*Just the way you did so easily.*

***"Pinalo ako ni Mama! Huhuhu!"***

***"Okay lang yan Jay... Paglaki mo paluin mo din sya."***

*We don't talk anymore.*
*We don't talk anymore.*
*We don't talk anymore.*
*Like we used to do*

***"Babalik ako sa bakasyon. Mag-aaral muna ko."***

***"Promise?"***

*We don't laugh anymore*
*What was all of it for?*
*Oh we don't talk anymore*
*Like we used to do*

***"Laru tayo Aries!"***

***"Hindi na pwede Jay!"***

*I just hope you're lying next to somebody.*
*Who knows how to love you like me.*
*There must be a good reason that you've gone.*
*Every now and then I think you might want me to*
*Come show at your door*
*But i'm just to afraid that I'll be wrong.*

***"Bakit? Ayaw mo na kong kalaro?"***

***"Hindi na tayo bata para maglaro!"***

*That we don't talk anymore.*
(*We don't we don't*)
*We don't talk anymore*
*(We don't we don't)*
*We don't talk anymore*
*Like we use to do*
*We don't laugh anymore*
*(We don't we don't)*
*What was all of it for?*
*(We don't we don't)*
*Oh we don't talk anymore*
*Like we used to do.*

***"Aries... Anu'ng nangyari sa Papa mo?"***

***"Hindi ko alam..."***

***"Okay ka lang ba?"***

***"Hindi ko alam..."***

***"Aries----"***

***"I think it's better if you don't talk to me anymore. Just... Just stay away from me."***

Napahinto ako. Hindi ko napansin na umiiyak na pala ako. Iniiyakan ko yung mga memory na tanging meron ako nun.

Mga panahon'g nakikipag-laro pa at nakikipag-kwentuhan si Aries sakin. May pagkakataon na nagpagkakamalan din kami'ng magkuya.

Ang weird nga lang. Yun lang kasi ang mga alaala na meron ako tungkol sa kabataan ko. Hangang dun lang ang meron ako.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 41

## Ghost

***Jay-jay's POV***

Hindi ko na-enjoy ang weekend ko. Bwisit kasi yung kanta ni Charlie Puth. Crush ko pa naman yung singer na yun. Kaya lang pinaiyak ako ng kanta nya.

Papunta na sana ako sa Dining ng marinig kong nag-uusap sila Tita Gema at Kuya Angelo. Napahinto ako kasi ako yung pinag-uusapan nila.

**"Dinala nyo na sa Pschyciatris?"** Tanung ni Kuya.

**"Hindi pa eh... Ayoko kasing buksan ang topic na yun sa kanya."** Sagot ni Tita.

**"Ma.. Kailangan ni Jay-jay yun."**

**"Hindi ba mas mabuti kung hindi na natin sya pilitin na maalala yung nakaraan nya."**

**"Panu natin makakasuhan yung mga yun kung hindi makaka-pagbigay ng statement si Jay?"**

**"Oo nga.. pero tignan mo naman sya ngayon. Kawawa naman kung maalala nya pa yung mga nangyari sakanya."**

**"I know it was a trauma for her. Maybe that's the reason why she no longer remember it. But she has to---she needs to."**

Ayan na naman sila. Pinipilit akong alalahanin yung mga memory na hindi ko naman talaga maalala. Kahit anung gawin ko, wala talaga.

Ang weird lang dun, naalala ko silang lahat pati mga ginagawa ko nun. Tanging nga pangyayari sa bahay lang ang hindi. Sabi nila marami daw naging asawa si Mama at karamihan sa kanila inabuso ako.

Pero bakit hindi ko sila maalala? Wala akong maalala na may nanakit sakin.

Basta nagising nalang ako sa ospital at pilit nila kong tinatanung. Hindi ko naman sila masagot kasi nga wala. Akala pa nila Amnesia pero nung nakilala ko silang lahat nag-umpisa na silang matakot.

Tapos nun, kinuha na ko ni Lola at inalagaan.

Siguro next time ko nalang iisipin yun. Hindi na ko nakapag-almusal dahil sa pinag-uusapan nila. Kinuha ko yung bike ko at mabilis na nagpidal.

Papasok na ko, sa school nalang ako bibili ng pagkain. Tropa ko naman yung tindera. Tahimik akong nagmamaneho ng may mapansin akong kotse.

Top down. *Angas!*

Napatingin ako dun sa lalaking nakatayo sa poste. Mukang sya yung driver. Naka-shade pa sya at naninigarilyo.

Dumiretso na ko at nilagpasan nalang sya at yung kotseng ma-angas.

**"Hey Miss!"** Someone called me.

Napa-preno ako at napatingin dun sa lalaking nakasandal sa poste. Lumapit naman sya sakin habang nakangiti.

**"May kailangan po kayo?"** Tanung ko.

**"Yeah... I'm actually lost. Can you tell me the right direction to the nearest mall?"** Sabi nung lalaki.

English spokening! Mukang yayamanin si Kuya. Kaya-kayang yan.

**"Yes of course. Can you see that store?"** Sabay turo ng tindahan sa kanto.

Nag-nod naman sya.

**"You can ask them for direction. Not me. I'm just new here."** Sabi ko at mabilis na nagpidal paalis.

*Hahaha.. Pasensya na! Wala pa kong alam dito. Isang beses pa nga lang ako nagpunta sa mall eh.*

Nasa tapat na ko ng school ng bigla nalang may humintong kotse sa harap ko. Muntik pa kong mabangga, buti nalang nakapag-preno agad ako.

**"Hoy! Anu----"** napatigil ako ng makita yung kotse.

Eto yung ma-angas na kotse. Tinignan ko yung driver. Si Kuyang Yayamanin na nagtanung ng direksyon sakin. *Problema nito?*

Tinanggal nya yung shades at.... at.... at.... Blue ang mata nya. Gwapo ang lintik! Tangos din ng ilong. Medyo makapal nga lang yung buhok. Kulang sa gupit.

**"I forgot to ask your name."** Sabi nya.

Lah! Hinabol ako para lang sa pangalan? Adik ata tong si Kuya.

**"I'm----"**

**"Hoy!"** Someone shout.

Nilingon ko kung saan galing yun. Si Yuri lang pala. Bigla nalang humarurot yung kotse paalis. Muntik pa kong hikain dahil sa usok.

**"****Ubo**** Anu ba yan?!"**

**"Sino yung kausap mo?"** Tanung ni Yuri na katabi ko na pala.

Nakatingin sya sa kotseng umalis.

**"Hindi ko kilala. Nagtanung lang ng direksyon."** Sagot ko.

Hindi sumagot ang Yuri. Nakatingin pa rin sya sa direksyon na pinuntahan ng kotse. Pipidal na sana ako para paandarin ang bike papasok sa school pero bigla nalang hinawakan ni Yuri ang manibela.

**"Baba!"** Utos nya.

**"Ha? Bakit?"**

**"Basta! Baba na!"**

Kahit hindi ako sigurado kung bakit, bumaba pa rin ako. Bigla nalang sya sumakay at pinaandar yung bike.

Akala ko hahabulin nya yung kotse pero dumiretso sya sa gate ng school. *Tignan mo tong tao na to!*

**"Hoy! Aba!"** Sita ko sa kanya.

Hindi nya ko pinansin. Dire-diretso nyang pinaandar ang bike papasok sa loob ng school.

Anu pa nga bang gagawin ko? Edi sundan. Takbo, lakad ang ginagawa ko. *Kakahingal kaya.*

Pinarada nya yung bike sa harap ng room. Sapi talaga si Yuri! Pumasok na ko sa loob at hinanap ang talipandas.

Sakto namang nakatalikod sya kaya agad kong binatukan.

**"Aray!"** Sigaw nya at tinignan ako ng masama.

**"Para yan sa pangunguha mo ng bike ko?"** Sabi ko at naupo na sa pwesto ko.

Cross arm pa ko at sibangot na sibangot. Kainis kasi! Kala ko aanhin nyang hinayupak sya.

**"Haba ng nguso mo.."** puna sakin ni Ci-N.

Inirapan ko lang sya. Dumating na si Sir Alvin at nagsimula ang klase. Hindi rin nya kinalimutan ang padating na Exam.

**"Class.. Review review din. Malapit na Exam."** Parinig naman ng sunod naming teacher.

**"Guys! Mag-reveiw ah!"** Sunod na teacher din.

**"Mga lecture nyo! Reviewhin nyo!"** Sunod na teacher.

Makakalimutan ba namin yan! Paulit-ulit nalang! Para silang mga sirang plaka sa utak ko.

*Review...*

*Review...*

*Review...*

Kayalang mukang ako lang yung nangangamba sa exam. Wala kasi akong nababakas na takot or kaba sa mga ulupong.

Meron pa ngang natutulog eh.

Lunch time na. Wala nga pala akong baon na pagkain. Hindi ko nakuha, kawawa naman kaming tatlo.

Siguro bibili nalang ako kay Ate'ng Lilia. Kayalang baka nagtatrabaho. Hindi nya ko maaasikaso kapag maraming tao.

*Asar naman!*

**"Nagugutom na ko..."** Reklamo ni Ci-N.

**"Ako rin..."** Sabi ko.

Andito kami ngayon sa tambayan namin. Wala naman kasi kaming kakainin kaya eto mga nakatanga kami.

*Hay...* Sana nakakabusog ang hangin. Para pwede ko ring kainin.

**"Muka kayong tanga."** Sabi ng kung sino.

Napatingin ako sa ibaba ng hagdan. Si Calix, kasama si Mica. May dala silang tupperware.

**"Grabe ka samin!"** Sabi ko at tumawa si Mica.

*Grabe sya!*

**"Tara! Dun tayo sa tambayan namin!"** Aya ni Mica.

Dumaan pa sya sa harap namin. Dumiretso sila ni Calix sa ikalawang room sa dulo. Kung saan ko nakuha yung love letter nila.

Kami namang tatlo nakasunod lang. Si Calix inayos yung apat na lamesa at bumuo ng mas malaking table. Kumuha din sya ng mga bangko.

**"Tara na! Bakit andyan pa kayo?"** Tawag samin ni Mica.

Nagtinginan lang kaming tatlo nila Ci-N at David. Mukang napansin ni Mica ang hindi namin pagkilos.

**"Calix... Sinabi mo ba sa kanila?"** Tanung ni Mica.

*Sinabi ang alin?*

Napa-face palm si Calix. **"Nakalimutan kong sabihin."**

**"Sabihin ang alin?"** Tanung ni Ci-N.

**"Sabi ko kay Calix, ayain kayo dito sa tambayan. Ipagluluto ko kayo, bilang pasasalamat."** Paliwanag ni Mica.

Pagkasabi ni Mica para kaming nanalo sa latto at nag-unahan sa premyo na makalapit sa kanya. Kasi naman gutom na gutom na kami.

*Patay guts narin ako!*

Kumpleto sa gamit si Mica. Paper plate, plastic utensils, juice at platic cup. Si Calix na daw bahala maglinis.

Panay din ang thank you ni Mica samin. Hindi ko nga lang natanung kung kamusta sila ni Mykel at Ella. Alanganin naman kasi kung itatanung ko yun.

Matapos ang aming mumunting salo-salo. Tinulungan ko na si Calix magligpit. Nakakahiya kasi dun sa dalawa naming alaga. David at Ci-N.

Nakipag-chikahan lang kay Mica at hinayaan tong isa. *Hanep yan!*

Iniwan na namin yung dalawa sa tambayan nila. Para naman makapag-solo sila kahit sandali. Nalaman kasi namin na hindi pa rin sila maka-kilos ng malaya dahil sa grupo ni Aries.

**"Nakakatuwa sila..."** Sabi ko at tinignan ako nung dalawa. **"...Sobrang saya kasi nila."**

Ngumiti lang ang David at Ci-N sakin. Alam na nila ibig kong sabihin dun. Na tapos na ang problema at nalagpasan nila yun. Matagal nga lang nila dinala ang lahat.

Sabay sabay kaming bumalik sa room. Kwentuhan at asaran muna ang ginawa namin ni Ci-N bago dumating ang teacher.

**"Mag-review kayo ah?"** Sabi nya.

*Huhuhuhu... Pati ba naman ikaw?*

P.E nga pala namin ngayon kay Ma'am Asunta. Tumakbo na ko sa CR para magbihis. Coast is clear naman. As usual, ayokong magpatagal sa banyo kaya mabilis ang naging kilos ko.

Pagbalik sa room.

*Jusme! Eto na naman po tayo.*

Naka-hubad na naman sila Keifer at Yuri. Naka-boxer naman sila. Pero sana magbihis naman sila agad. Nag-uusap pa sila habang nagbibihis.

Napatingin na naman ako sa katawan ni Yuri. Ang dami kasing peklat, para syang nilatigo. Iba-iba yun size.

**"Jay! Tara na!"** Sigaw sakin ni Ci-N.

**"H-ha? Andyan na!"** Sagot ko at agad na sumunod sa kanya.

Sa gymnasium ulit kami. Andito din yung mga Section A. Hindi ko alam kung P.E din nila kasi hindi naman sila naka-P.E. uniform. May teacher naman silang kasama.

**"Section E... 500m run muna tayo. Pwesto na!"** Sabi samin ni Ma'am Asunta.

Pag-pito nya, agad kaming tumakbo. Kayalang parang mga walang buhay tong mga ulupong na to. Kababagal tumakbo.

**"Wala naba kayong ibibilis?!"** Sigaw ni Ma'am.

Wala naman sumagot at wala rin'g bumilis ang lakad. *Problema ng mga to?*

Dun ko lang din napansin. Nagpo-Pokemon Go sila. Binabagalan siguro nila para dun sa Pokemon Egg na gusto nilang mapisa.

*Hanep!* Inuna pa yung Pokemon Go sa P.E.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 42

**Author's Note:** Sorry po sa matagal na update... Busy lang po. Malapit na kasi ako magtrabaho. Thanks po sa paghihintay and sa support. Thank you din sa pagVote... 😚😘😊

**Sinister Smile**

***Keifer's POV***

**"What do you mean?"** I ask Yuri.

I don't get what he means.

**"I saw him... He's talking to Jay-jay."** Yuri answered.

Imposible! Patay na yung tao, panu sya magagawang kausapin ni Jay.

**"4 years ng patay yung tao. Imposible yang sinasabi mo."**

**"Pero hindi ako pwedeng magkamali. His blue eyes look at me before he left."** He explained as if he was sure.

I chuckled, **"That's impossible."**

**"Pwede kong tanungin si Jay kung gusto mo. I can show her a picture of Per----"**

I cut him. **"Don't! Just don't say his name here."** I look at Section A.

Nag-iinit ang ulo ko kapag naririnig ang pangalan nya. Bumabalik ang lahat ng nangyari nung gabing yun. Baka sa sobrang galit ko isunod ko si Aries sa kanya. Sa hukay nya!

Tutal si Aries naman ang may kasalanan kung bakit sya nawala. Bagay lang syang isunod sa huk---*what the fvck?!*

May bumunggo sakin.

**"S-sorry... Hahara-harang ka kasi eh."** Sabi ni Jay-jay at muling bumalik sa pagtakbo.

**"You okay?"** Yuri ask me.

**"Bwisit..."** I murmured.

Sakit na nga sa ulo ang babaeng to, pati ba naman sa katawan.

*Ibang klase!*

++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Habulin mo ko!!"** Sigaw ni Ci-N habang tumatakbo.

**"Lintik ka! Yari ka sakin!"** Sigaw ko at mas binilisan pa ang takbo.

Hababulin ko talaga ang impakto na to. Meron kasi akong na-discover na kalokohan nitong si Ci-N.

Sya pala ang nagbubukas ng fb ko sa cellphone. Ina-accept nya lahat ng Section E na nag-add sakin. Nagpo-post din sya sa wall ko.

*Hayop!* Kaya pala ang dami kong notification.

**"Lapastangan ka!"** Sigaw ko ulit.

**"Hahaha.. Habol!"** Sigaw nya.

Maabutan ko na sana sya pero bigla nalang bumagal ang takbo nung nasa harap ko at kumaway sa kung saan. Sa inis ko sinipa ko sya sa likod. Hindi naman malakas pero sapat lang para bumagsak sya.

**"Aray! Sino---Jay! Bakit mo ko sinipa?!"** Inis na tanung ni Calix.

Sya pala to at mukang si Mica ang kinakawayan nya.

**"Ikaw kasi eh.."** sabi ko at muling hinabol si Ci-N.

Sakto namang may kinakawayan ang walang hiya. Mukang si Rakki yun. Nakaupo sa bleacher at may hawak na racketa.

Binilisan ko pa ang pagtakbo at agad na sinipa si Ci-N sa likod. Kapareho lang ng lakas nung kay Calix.

**"Aray! Masakit!"** Sabi nya habang pilit hinihimas ang likod.

**"Impakto ka kasi."** Sabi ko at bumalik sa pagtakbo.

Hindi pa ko nakakalayo ng makita ko si David na may kinakawayan. *Eto pan'g isang pasaway!*

Tatadyakan ko din sana sya sa likod pero napatigil ako dahil dun sa babaeng bumabalik ng kaway sa kanya.

**"I Love You David ko!"** Sigaw nung babae.

**"Lah! May girlfriend ka pala?!"** Tanung ko.

Namula yung pisngi ni David at pilit tinago yung ngiti. **"O-oo eh."**

Akalain mong matinik din pala sa chicks tong si David. Hanep! Swerte nya, ganda nung babae.

Bumalik na rin sya sa pagtakbo kaya ganun ang ginawa ko. Malapit na kaming matapos ng makita ko si Kiko na kinakawayan ako.

Binagalan ko yung takbo ko at kinawayan din sya.

**"Hi---aaayyyy!!!"** Sigaw ko. May sumipa kasi sa likod kaya dire-diretso akong bumagsak.

Tumayo naman ako agad at tinignan yun. Si Keifer kumag!

**"Aray ah! Inaano kita?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

**"Tsk! Hahara-harang ka eh!"** Bored nyang sagot.

*Aba! Gumaganti!*

Bumalik sya sa pagtakbo. Sa sobrang inis ko dahil sa ginawa nya. Hindi ko namalayan na tumakbo ako para maabutan at sipain sya sa likod.

Bumagsak si Keifer at bigla nalang tumigil ang lahat. As in tumigil yung mga ulupong sa pagtakbo, tumigil yung mga nerd na nagbabasa ng notes, tumigil din ang Section A sa ginagawa nila at pati mga nakatambay lang napatigil din.

*Tsk! Yari!*

Unti-unti tumayo ang Keifer. Kahit nakatalikod sya sakin alam kong pinapatay na nya ko sa isip nya.

"*Lagot sya.*"

"*Mag-aaway pa ata.*"

"*Yuri! Awatin mo!*"

"*Galit na yang si Keifer.*"

"*Magkanu pusta mo? Kay Jay-jay ako.*"

Sari-saring reaksyon ng mga nakakita samin. Yung totoo, kinakabahan talaga ako. Ramdam ko na naman yung mabigat na awra ni Keifer. Para syang papatay ng tao.

Napalunok nalang ako. Unti-unting humarap sakin ang Keifer. Nawala na ang pagitan ng kilay nya sa pagsalubong nito.

**"WHAT IS FVCKING WRONG WITH YOU?!"** Galit na galit na sigaw nya.

Nag-echo sa buong gymnasium yung boses nya. Nakakapanginig ng tuhod at laman.

**"I-ikaw kasi... N-naninipa ka!"** Sagot ko sa kanya kahit ang totoo nagtatapang tapangan nalang ako.

*Katupusan ko na ata!*

**"YOU! STUPID! NOOB! CRAZY! WOMAN! Your dead..."** Pagkasabi nya nun parang naubos lahat ng dugo ko sa katawan.

Biglang lumamig ang pakiramdam ko. Niyakap ata ako ng multo.

**"JAY! TAKBO!"** Sigaw ng kung sino.

Ginawa ko naman dahil bigla nalang ngumiti si Keifer. Yung ngiting hindi mo na gugustuhin na makita ulit. Yung sinasabi nilang *Sinister smile!*

**"Run faster! B*tch! Once i get you! YOUR DEAD!"** Sabi nya at sinundan ako ng pagtakbo.

Mas binilisan ko pa. Ang haba kaya ng binti nya. Dalawang hakbang ko ata ang isa nya. *Lagot na!*

**"Bilisan mo!"** Sigaw nila sakin.

Sandali kong nilingon si Keifer at jusme, malapit na nya kong maabot.

Napapagod na kong tumakbo pero mamatay ako kapag tumigil ako. Mas binilisan ko pa pero bigla nalang akong nadapa.

Mas tama yatang sabihin na may tumisod sakin. Gumulong ako sa sahig na parang espasol na gumulong sa asukal. Masakit din yung paa ko dahil sa pagtisod.

**"Aaaawww..."**

Tinignan ko kung sino yung walang hiyang nanisod sakin. *Yuri.*

Mumurahin ko na sana sya pero bigla nalang ako binitbit ni Keifer sa kwelyo at itinayo.

**"You think you can run away from me?"** Sabi nya at inilapit ang muka ko sa kanya.

*Ay wag! Kaunting kibot nalang magkakahalikan na tayo!*

**"I will punish you! Until you cry and beg for your life."** Sabi nya.

Pilit kong inalayo yung muka ko. Kaunti nalang talaga. Ayoko syang mahalikan. *No! No!*

**"Ilayo mo yung muka mo!"** Utos ko sa kanya.

Bigla syang tumawa at pinandilatan ako ng mata. *Ang creepy nya!*

Lalu nyang nilapit ang muka ko sa kanya. **"How about that?!"** Pang-aasar nya.

*Sabi ko ilayo hindi ilapit.*

**"Yung muka mo!"** Sabi ko at pilit nilayo ang muka ko.

He chuckled. **"Ayoko!"**

Hindi yata nage-gets nito yung gusto ko iparating. Ayoko sanang gawin to kayalang makulit tong si Keifer. Pumikit ako, ayoko makita yung pagmumuka nya.

*Hay... One. Two. Three.*

Bahagya kong nilingon ang muka ko paharap sa kanya. Bahagya lang, kaunti lang. Mga tini-wini-mighty-smally-move. Ayun! Sapul sa target!

Nahalikan ko sya!

Wala pang 0.01 milisecond ng pagsisihan ko tong ginawa ko na to. Akala ko kasi smack lang. Yung didikit lang yung labi. Hindi pala, medyo malalim kasi at nagtama pa yung ilong namin.

*Tang'na naman!*

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Nag-wawala na at gusto ng humiwalay sa katawan ko. *Puso! Huminahon ka!*

**"Ay... Nagkiss sila."**

Pagkasabi ng kung sino nun. Agad akong binitiwan ni Keifer. Kitang kita ko yung shock nyang muka. Namumula rin sya at hindi alam ang sasabihin.

*Jusme! Hindi lang ikaw ang shock!*

Nakakapang-lambot at ang init ng muka ko. Ang sikip din ng dibdib at lalamunan ko.

*Huminga ka Jay!*

Jusko! Makakahinga ba ko nito? Maling mali talaga yung ginawa ko. At nawala rin sa isip ko na maraming istudyante ang nakakakita samin.

*Ay teka!*

Napatingin ako sa Section A at nakita ko si Aries na palalapit samin. Kasunod si Mykel at Kiko.

Bubuka pa lang sana yung bibig ko para magsalita pero hinawakan na naman ni Keifer ang kwelyo ng damit ko.

*Anu ba to? Gusto pa ata ng isa.*

**"You did that in purpose!"** Sabi nya sakin.

Umiling lang ako habang nakatingin sa ibang direksyon. Hindi ako makatingin sa mata nya. Kasalanan nya yun!

**"Put Jay-jay down!"** Utos ni Aries.

Tinignan lang sya ni Keifer. Kung bitiwan na kaya nya ko. Nahihirapan na rin ako. Umaangat na yung paa ko sa sahig ng gymnasium.

**"And if I don't?"** Pang-aasar ni Keifer.

Bigla nalang akong hinatak ni Aries. Pero hindi bumitaw ang Keifer at hinawakan ako sa braso. Muka na silang naglalaro ng thug of war at ako yung tali.

Pero hindi masaya. Nasasaktan ako!

*Anu ba?!*

**"Let go."** Mariing utos ni Aries.

Keifer smirked. **"Make me."**

Hinatak ako ulit ni Aries pero ayaw talagang bumitaw ni Keifer.

**"A-aray! Bitiwan nyo ko!"**

Walang pumansin sakin at patuloy sila sa ginagawa.

**"Why are you affected?"** Pang-aasar na tanung ni Keifer.

**"I'm not affected. I'm concerned with my cousin."** Sagot ni Aries.

**"Anak ng pating... Bitiwan nyo na ko."** Pagmamaka-awa ko.

Pero walang pumapansin sakin. Nanlalambot na ko sa sakit ng pagkakahawak nila.

**"Pareho lang yun. Affected ka pa rin."** Pang-aasar na naman ni Keifer.

Kung iinisin nya si Aries pwede bang wag na kong idamay.

**"No. It's not."** Sagot naman ni Aries.

*Aruy!* Bitiwan nyo na ko. Nagmamakaawa ako.

**"Really?"** Tanung ni Keifer.

Hindi pa nakakasagot si Aries ng hatakin nya ko. Sobrang lakas narinig ko pang tumunog ang buto ko.

Nakabitaw ang Aries at halos masubsob ako sa dibdib ni Keifer.

**"Maawa naman kayo sakin..."**

Hindi nya ko pinansin.

**"She belongs to Section E. Anything that we want to do to Jay is none of your business."** Sabi ni Keifer.

*Belong? Kabilang na ko?*

Akala ko yun lang yon. Pero bigla nya ko hinawakan sa batok at baywang.

Huminto ang tibok ng puso ko. Isang tibok tapos sumabog. Namatay na yata ako ng hindi ko namamalayan.

*Oxygen! Please!*

Hinalikan ako ni Keifer. *Hinalikan!* HINALIKAN?! *Aaarrrggghhh!!* Malalim na halik na halos kainin na nya ang bibig ko.

*Gumalaw ka Jay!*

Hindi ko kaya. Nanlalambot ako. Naka-tingin sya kay Aries habang walang magawa.

*Hindi to pwede!*

Pilit kong tinulak si Keifer palayo pero mas lalo nyang tinulak ang ulo ko palapit sa kanya, gamit ang kamay nyang nasa batok ko.

*Tang'nang Keifer to!*

Kung nakakabigla yung paghalik nya. Mas nabigla ako sa sunod nyang ginawa. Sinimulan niyang galawin ang labi na para bang na-carried away siya at....

At...

At naramdaman ko ang dila niya.

*PUT A TANG IN A GLASS!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 43

**Exam**

***Yuri's POV***

**"Hahahahaha..."** I can't stop laughing.

Ang laki ng block eye ni Keifer. Nagsisimula na kong mamangha kay Jay-jay. Halos lahat ata kami nabigla sa ginawa nya.

**"Sige.. Wag kang tumigil! Lalagyan din kita nito!"** Pagbabanta nya sakin.

*I can't stop!*

Kasalanan naman kasi nya. Laliman daw ba ang halik niya. Automatic na nag-wala si Jay at sinuntok sya. Akala nga namin hindi na sya makakabangon mula sa pagkakasuntok sa kanya.

Namumula rin si Jay nung time na yun, sa galit or sa kahihiyan siguro.

But i'll admit. Hindi ko nagustuhan ang ginawang paghalik ni Keifer sa kanya. There's a part of me that want to stop them. I also feel something weird inside my chest.

I don't know what it is but I don't like it. I don't want to feel it again.

*It's not normal.*

I look at Keifer who's currently pressing an ice bag in his eyes. Kahit hindi sakin nangyari, ramdam ko yung sakit. Napansin kong bahagya syang ngumiti .

**"Why are you smiling?"** I ask him.

**"Because of Aries. He keeps surprising me."** He answered.

Lagi syang naliligayahan sa pang-iinis kay Aries. Patol naman ng patol yung isa.

*Tss. Childish!*

**"Akala ko kasi nasarapan ka sa ginawa mo kay Jay."** Pang-aasar ko.

Agad na nawala ang ngiti nya at nagsalubong ang kilay.

**"Pch! Iniinis ko lang si Aries kaya ko ginawa yun!"** Depensa nya habang namumula.

Natawa na naman ako dahil sa itsura nya. **"Hahahahaha.."**

**"Kaasar!"**

Tumigil din ako at muling humarap sa kanya. Inabutan ko sya ng stick ng sigarilyo. Tinanggap nya yun at agad na sinindihan.

Yup...We do smoke. We already stop a few months ago but because of stress parang kusang hinanap ng katawan namin ang sigarilyo.

**"What now? You're done with your test. Magsisimula naba yung plano?"** I ask.

He chuckled. **"Yeah. I can't wait anymore. Anu kayang gagawin ni Aries kapag umiyak si Jay-jay sa sakit?"**

I frowned and look at him in disbelief. **"Are you planning to hurt Jay?"**

He arched a brow. **"Well yeah... Physically and Emotionally. Depends on the situation."**

*Why do I feel this?*

There it is again. May isang bahagi ko na gustong tumanggi. I'm not supposed to feel this.

**"Is there anything bothering you?"** He asks me.

I shook my head. Maybe I'm just concerned because Jay is a woman.

*Yeah. It is because she's a woman. That's all.*

++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

"*Ubo**Ubo*"

Aargghh! Ang sakit ng lalamunan ko. Ang sakit din ng ulo ko. Isama pa yung bigat ng katawan ko. May trangkaso na ata ako.

Ngayon pa ko nagkasakit. Exam pa naman. *Asar!*

Kasalanan tong lahat ng *Ice Tea* na nilaklak ko kagabi. Habang nag-rereview, naghanda ako ng isang damakmak na kutkutin at isang pitchel ng inumin tadtad ng yelo.

Nagpuyat ako ng husto para lang makapag-sunog ng kilay.

*Sinungaling!*

Hay... Yung totoo, napuyat ako sa kakaisip sa ginawa ni Keifer sakin. Hangang ngayon nangingilabot ako. Kingina lang!

*Pero masarap?*

Oo---ay! Hindi! Hindi! Mygudness!

Pisti tong bulate sa utak ko.

Pagpasok sa room. Tumahimik ang buong Section E. Hindi ko na sila tinignan. Ang bigat kasi ng ulo ko para tignan pa sila.

*Sniff* *Sniff*

May sipon pa! Badtrip naman!

**"Jay? Okay ka lang?"** Tanung ni Ci-N sakin at sinalat ang noo ko. **"Mainit ka. Uminom ka na ba ng gamot?"**

Nag-nod lang ako. Feeling ko kapag nagsalita ako, mabibiyak yung lalamunan ko. Ang OA pero totoo. Masakit kasi talaga.

Tinignan ko yung oras sa cellphone ko. 8:45am pa lang. Maaga pa pala ako para sa exam. 9:30am ang start.

Buti nalang half day lang kami ngayon. Lahat kasi ng subject 300 items exam nalang.

*Goodluck! Kung may maisagot ako!*

Naisip kong pumunta muna sa banyo. Maaga pa naman eh.

**"Jay.. aanu ka?"** Tanung ulit ni Ci-N.

Masyadong concern sakin ang batang to.

**"C-cr lang.."** pilit kong sagot.

*Argh! Ang sakit talaga!*

Naglakad na ko, kahit halos wala akong makita. Pagdating, hindi ko na pinansin kung may tao. Basta alam ko lang, kailangan kong maghimalamos.

Tinignan ko yung sarili ko sa salamin. *Ang chaka!* Namumula yung ilong ko at mata ko. Tapos ang putla ng labi ko.

**"Jay?"**

Napalingon ako sa tumawag sakin. Si Rakki pala.

**"Okay ka lang?"** Lumapit sya at hinipo ang noo ko. **"Ang init mo. Nagpunta kana ng clinic?"**

Umiling lang ako. Hindi pwede, may exam ngayon.

**"Pero uminom kana ng gamot?"** Tanung nya ulit.

Tumango lang ako at nanguha ng tissue para punasan ang muka ko. Sandaling tumahimik si Rakki at pinagmasdan ako.

Nilingon ko sya. **"B-bakit?"** Pilit kong tanung.

*Sakit! Aw!*

**"After nung gulo nyo ni Freya, kumusta ka? Matagal na kasi kitang gustong kausapin. Busy lang ako sa practice ng tennis."**

Ayoko pa namang magsalita pero gusto ko talagang sagutin yung tanung ni Rakki.

**"H-Hindi maganda..."**

**"Sabi na eh."** Sabi nya at nag-finger snap. **"..kilala ko si Freya, alam kong babalikan ka nya sa maraming paraan."**

Nag-nod lang ako na parang sang-ayon sa sinasabi nya.

**"Kapag hindi sya nasiyahan, uulitin ulit nya. Ginawa na nya sakin yan. Akala ko tapos na yung away namin, hindi pa pala. Dinamay pa nya si Ci-N, pinadala nya sa Section E para lang makaganti sakin."** Paliwanag nya.

Sinenyasan ko syang tumigil sa pagsasalita para sana tanungin yung sinabi nya tungkol kay Ci-N pero tuloy-tuloy pa rin sya.

**"..Tapos eto namang Aries walang ginawa at walang gagawin panu may something sila ni Freya. Nahuli ko sila----"** bigla syang napahinto at napatakip sa bibig.

Nanlaki ang mata ko dahil sa sinabi nya. May something si Freya at Aries?

Kahit masakit ang lalamunan ko pinilit kong magsalita. **"A-anung something?"**

**"A-anu... K-kailangan ko ng umalis."** Sabi nya at akmang lalakad paalis.

Agad kong hinawakan ang braso nya para pigilan sya.

**"R-rakki... Please."** Sabi ko.

Huminga ng malalim si Rakki at tinignan ang bawat cubicle. Walang tao kaya muli nya kong hinarap.

**"Wag mo nalang sabihin na sakin galing to ah?"** Paki-usap nya. Nag-nod naman ako at nag-sign of the cross sa tapat ng puso. **"..Wala pa si Ella sa Section A nun. May party sa bahay ni Mykel. Nakita ko silang nagm-make out."**

*Shoot!*

**"Ang hinala ko, ginagamit ni Freya'ng pang-blackmail yun noon para masunod ang gusto nya. Hindi ko nga alam kung hangang ngayon."** Dagdag pa nito sa kinukwento.

Putspa! Kakaiba din tong si Rakki. Bagay talaga sila ni Ci-N. May pagka-tsismosa rin.

**"A-anu pala yung sinasabi mo na si Freya ang... ****Ubo*** dahilan kung bakit napunta si Ci-N sa E?"** Tanung ko.

Ang dami kong sinabi. *Lalo yatang sumakit lalamunan ko.*

**"Mukang hindi pa sinasabi sayo ni Ci-N. Second year kami nun, hinalikan nya ko. Nagalit si Freya sakin kasi pala type nya si Ci. Nag-away kami at gumawa sya ng paraan para magkahiwalay kami ni Ci. Napagbintangan syang nagnakaw."** Paliwanag ni Rakki.

*Huh?!* Si Ci-N magnanakaw? Imposible!

**"..Alam ng karamihan na pakana ni Freya yun, pero syempre kasiraan pa rin kay Ci-N yun."** Dagdag pa nya.

Ayaw mag-process sa utak ko yung mga pinagsasabi ni Rakki. Dahil yata sa sakit ko. Feeling ko din, mas lalu pang lumala ang trangkaso ko.

Biglang tumunog yung bell. Start na ng exam kaya nagmadali kaming bumalik ni Rakki sa kanya-kanyang room.

Nakapwesto na lahat pagpasok ko. Naupo na rin ako at naglabas ng ballpen.

*Badtrip!* Ang bigat talaga ng ulo ko.

Pumasok na si Sir Alvin at pinaliwanag ang instruction. Pero wala akong maintindihan. Hangang sa pinamigay na yung test paper.

*Lah! 6 pages for 300 items.*

Lumabas na si Sir Alvin. Wala yata syang paki-alam kung magkopyahan kami.

Pilit kong sinagutan yung nga tanung. Hangang sa nakaramdam ako ng sakit ng ulo at parang inaantok.

*Hindi naman siguro masama kung dudukdok ako kahit sandali.*

Ginawa ko nga at sandaling pumikit. Nagtuloy na ata yung lagnat na pinipigilan ko. Walang epekto yung gamot na ininum ko kanina sa bahay.

Parang gusto ko na tuloy umuwi----

**"Jay!"** Boses ni Ci-N.

**"Sandali lang.. papahinga lang ako."**

**"Jay... Uwian na."** Boses naman ni David.

Para isang minuto pa lang akong nakapikit, uwian na agad. *Patawa.*

**"1 minute nalang."**

**"Jay! Sa inyo kana matulog."** Boses naman ni Calix.

*Istorbo naman tong mga to eh.*

**"Tumayo kana dyan!"** Boses naman ni Yuri.

**"Maya-maya na."**

**"On the count of three. Kapag hindi kapa tumayo, hahalikan kita."** Boses ni Keifer?

*Anu daw?*

**"One!"**

*Ayoko pa nga!*

**"Two!"**

*Kulit naman ih!*

**"Thre---"**

**"Eto na nga!"** Sagot ko at pilit bumangon pero nakapikit pa rin ako.

**"Open your eyes."** Utos ni Keifer.

Hindi ko sya sinunod. Gusto ko pa ring pumikit eh. Inaantok talaga ako.

**"Maybe you want me to kiss you, do you?"**

Pagkasabi ni Keifer, agad kong dinalat ang mata ko. Medyo blurred pero kusa ding nag-adjust ang paningin ko.

Naka-smirked ang Keifer at naka-poker face lang si Yuri sa harap ko. Tinignan ko sila ng masama.

Binaba ko yung tingin sa table ko. *Yung test paper... Wala?*

Tinignan ko yung ilalim ng table ko pero wala.

**"Anu hinahanap mo Jay?"** Tanung ni Ci-N.

**"Y-yung test paper ko."** Sagot ko.

*Ugh! Hirap naman magsalita!*

**"Pinasa ko na kay Sir Alvin, kanina pa."** Sabi ni Keifer.

*What the hell?!*

**"H-ha? H-hindi pwede... W-wala pa kong sagot."** Maiyak-iyak kong sabi.

*Tengeneng! Hirap na nga yung lalamunan ko tapos mangyayari pa to.*

**"Naipasa na. Wala ka ng magagawa."** Sabi ni Yuri.

Kusang bumagsak ang ulo ko sa lamesa. Nabigla sila pero hindi ko pinansin yun. Masakit, pero mas masakit ang utak ko. Idamay pa yung sakit ng kalooban ko.

*1 minute lang akong pumikit eh! Tapos uwian na!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

(AN: Gusto nyo po ng dedication?)

*OceanofPDF.com*

# Chapter 44

**Pancakes**

***Jay-jay's POV***

Feeling ko November 1 ngayon, o kaya semana santa. Sobrang lungkot kasi ng awra sa school. Ganto ata talaga after ng exam. Ilang araw ng ganito.

Pero wala ng mas lulungkot sakin. Yung pighati na nararamdaman ko, hindi mapapalitan ng kahit anu. Naiiyak ako!

**"Wag mo isipin yun, mahal ka non."** Sabi ni Ci-N.

Tinignan ko sya ng masama. **"Mahal ako ng test paper ko?"** Inis na tanung ko.

Ngumiti lang ang luko at nag-peace sign. *Impakto!* Hindi uubra sakin yan.

Nakakainis naman kasi. Wala man lang gumising sakin bago ipasa yung test paper. Ginising nila ko nung uwian na.

*Naiiyak talaga ko!*

Sobra-sobra'ng kahihiyan ang mangyayari sakin nito. Sana kasi, wag na nilang ipaskil yung grade. *Badtrip!*

**"Jay.."** tawag ni Ci-N. **"..gusto mo ng pancakes?"**

*Pancakes?*

**"Meron ka dyan?"** Tanung ko.

**"Meron.. Kayalang ganito."** Sabi nya at inilabas ang dalawang box ng pancake mixture.

Napangiwi ako. Makakain kaya namin yang pancake na yan ng hindi luto? *Nice!*

**"Lakas ng loob mo mag-alok, hindi naman pala luto."**

**"Edi iluto.."**

**"Saan nam----"** napatigil ako.

Meron nga pala'ng electric frying pan dito. Tumayo ako at pumunta sa likod. Sinilip silip ko yung nasa likod ng yero, plywood at mga karton.

Kayalang hindi ko makita. Sa inis ko, pinagtatanggal ko nalang at inihagis sa kung saan. Lumipad ang alikabok, dahilan para magtayuan ang mga ulupong.

"**Ubo* Jay! Maalikabok!*"

"*Anu ba yan?*"

"**Ubo**Ubo**"

"*Jay! Itigil mo nga yan!*"

Hindi ko sila pinansin at tinuloy ko lang ang pag-alis ng mga kahon. Sa inis ng mga ulupong lumabas nalang sila at ilan lang kaming natira.

**"Eto..."** Sabi ko at kinuha ang Electric Frying Pan.

Naka-box pa yun, mukang minsan lang nagamit. Bakit ba sila may ganito?

**"Yehey! Makakapagluto na tayo!"** Sabi ni Ci-N habang pumapalakpak.

Nilabas ko yun sa kahon at sinipa't sipat. Matino pa, pwede'bg pwede pa.

**"Hanap ka saksakan."** Utos ko.

Naghanap naman ang luko at nakatagpo sa harap. Sa tabi ng blackboard.

Isasaksak ko na sana yung plug ng meron ako'ng maalala. Hindi pa nahahalo yung pancake mixture.

**"Panu pala natin lulutuin yan? Walang mangkok tsaka tubig, pati na rin panghalo."**

Hindi sumagot ang Ci-N. Kinuha lang nito ang bag at inilabas ang mga laman. May mangkok, itlog, mixer at 1.5 ltr ng tubig.

**"Nice..."** Bulong ko. **"San mo naman nakuha yang mga yan?"** Tanung ko sa kanya.

**"Sa bahay."** Sagot nya habang binubuksan ang pancake mixture.

**"Hindi naman nagalit Nanay mo, nung dalin mo yan?"**

Umiling sya. **"Hindi naman nila alam."**

**"Anu yan? Inumit mo?"**

**"Parang..."**

Tinignan ko lang sya habang hinahalo ang mixture.

Naalala ko tuloy yung sinabi ni Rakki sakin. Yung napagbintangan si Ci-N. Hindi ko naman sya pinag-iisipan ng masama. Hindi rin nagbago tingin ko sa kanya.

Iniisip ko lang kung bakit hindi nya sinabi sakin ang totoo.

**"Ui, anu yan?"** Tanung ni Eren habang nakiki-usyoso sa ginagawa ni Ci-N. **"Penge ako."**

*Takaw nito. Hindi pa kaya luto.*

**"Sige.. ayan kainin mo na."** Sabi ko at pilit iniabot sa kanya ang mangkok.

**"Pag-naluto syempre."** Sagot nya sakin.

Napansin ko ang pagtawa ni Ci-N sakin.

**"Bakit?"** Tanung ko.

**"Sungit mo kasi... Kanina kapa nang-aaway."** Sagot nya.

Inirapan ko nalang sya. Talaga'ng masungit ako. Inihahanda ko na yung sarili ko sa kahihiyan.

Pumasok na sa loob yung ibang ulupong at lumapit na rin sa ginagawa ni Ci-N.

*Yan na yung mga patay gutom.*

"*Anu yan?*"

"*Penge kami.*"

"*Penge...*"

Bulag ata tong mga to. Nakita'ng hinahalo pa lang. Kukuhanin ko sana yung mangkok para isubsob sa mga muka nila pero inilayo na ni Ci-N.

**"Oh... Magsusungit ka naman."**

**"Panu'ng hindi magsusungit, bulag ata yang mga yan! Hinahalo pa lang oh!"**

Nagtawanan naman ang mga ulupong.

**"Sungit mo Jay... Meron ka no?"** Tanung ni Kit.

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Oo.. meron! Gusto mo sampal ko sayo pasador ko!"**

Agad na naglayuan ang mga luko. Natakot ata sa banta ko. Wala ako'ng dalaw. Yung exam lang talaga ang dahilan ng pagsusungit ko.

**"Tapos na.."** sabi ni Ci-N at inabot sakin ang mangkok.

Sinaksak ko na yung Electri Frying Pan. Pero parang may kulang. Tinignan ko si Ci-N.

**"Sabihin mo saking may syanse ka dyan."**

Bahagyang tumawa ang Ci-N at may kinuha sa bag. Inabot nya sakin ang hinihingi ko.

Dahil alam kong patay gutom ang mga ulupong na to. Niliitan ko lang ang pancakes.

Inabutan ako ng paper plate ni Ci-N. **"Dyan mo lagay.**" Sabi nya at naglabas ng chocolate syrup.

*Kumpleto!* Panalo ang batang to.

Matapos magluto, sobra pa sa ini-expect ko yung naluto naming pancakes. Maliliit nga lang.

**"Luto na.."** sabi ko at ibinaba sa harap ni Ci-N ang plato na puno ng pancakes.

**"Yehey!"**

Agad na naglapitan ang mga ulupong. Nanguha na ko ng akin at umalis sa puder nila.

Nakita ko pa si Keifer at Yuri na nakatingin sakin. Si Yuri lang talaga yung tinignan ko. Hindi ako makatingin kay Keifer nag-iinit ulo ko.

Naupo na ko sa pwesto ko at tahimik na kumain. Nakakabawas din pala ng inis ang Pancakes.

Huling kagat na ko ng pancake ng bigla nalang pumasok yung isang classmate namin. Humahangos ito at humarap samin.

**"N-nakapaskil na yung Grades."**

Napatigil ako. *Eto na! Eto na talaga!*

Pero hindi ako makagalaw. I'm not ready for this shit. Akala ko handa na ko, hindi pa pala.

Nag-umpisa ng maglakad palabas ang mga patay gutom na ulupong. Pero ako, eto pa rin. Nakatanga sa kung saan.

**"Hindi mo titignan grade mo?"** Tanung sakin ni Kit.

**"Kung gusto ko tignan ang grade ko, kanina pa ko umalis at dahil andito ko, malamang hindi."** Pagtataray ko.

Tinawanan lang ako ng Kit bago umalis sa harap ko. Impakto!

*Huhuhuhu...* Nagsusumamo ang kalooban ko. Wala na kong mukang ihaharap sa school.

May humawak sa braso ko at pilit ako itinayo. Si Keifer... Nanaman?

*Anu na nama'ng kailangan nito?*

**"Anu naman bang----"**

**"Just shut up!"** Sigaw nya sakin.

Natahimik naman ako. Kinaladkad nya kong pilit papunta sa Main building. Sa harap ng bulletin board kung saan nagkakagulo ang mga istudyante.

*Ayoko dito!*

Pilit kong hinatak ang braso ko.

**"Tsk! Stop it!"** Sigaw ulit nya sakin.

**"Ikaw nalang tumingin ng grade, wag mo na kong isama."**

**"Andito kana... Tignan mo na!"**

Nakipagsiksikang pilit si Keifer habang hatak-hatak pa rin ako. Kayalang sa dami ng tao, hindi kami makalapit.

**"Tss. GET OUT OF MY WAY!"** Galit nyang sigaw.

Kusang nahawi ang mga tao at nagbigay ng daan.

*Nice!*

May use din pala tong ulupong na to. Lumapit kami sa bulletin at hinanap ang list ng Section E.

Dahil nag-iisang babae, ayun nasa hulihan ang pangalan ko. Pero may mali.

*Jasper Jean Mariano...........................97.8*

Kinusot ko pa yung mata ko baka namalikmata lang ako. Sinundan ko din ng daliri yung guhit. Baka kasi sa ibang pangalan talaga nakatapat yung 97.8, namali lang ako ng tingin.

*97.8 talaga!*

Anung nangyari? Bakit ganito ito? Baka naman typo lang? Baka naman naluto yung utak ko nung nilalagnat ako. Imagination lang to.

Tinignan ko yung ibang grade. *Nakaka-awa naman tong mga bata na to!*

Puro pasang awa. Pinilit maging 75. Meron nama'ng naligaw na line of 8 pero iilan-ilan lang. At merong nakaka-angat sa lahat, *naiiba na nagsabi ng kwak kwak.*

*Yuri Hanamitchi....................................99.9*

Yayamanin! Germs lang? Tili-tilino rin pala tong lalaki na to. Naningin pa ko ng iba at parang kusang nahanap ng mata ko yung pangalan ni Keifer.

*Mark Keifer Watson...............................99.8*

Eto pa isang Germs. Ang tatalino! Panu sila nagkaroon ng grade na ganito? Hinanap ko yung pangalan ni Ci-N.

*Ci-N Peralta..........................................75.4*

Kailangan kong makausap ang batang to! Parang pinilit lang ipasa yung grade nya. Anu ba yan?

Binalikan ko na ulit yung pangalan ko. 97.8 talaga! Eto na talaga yung grade ko. *What is happening in this world?*

Tumingin ako sa likod para harapin si Keifer pero wala sya. Nagkukumpulan na ulit yung mg studyante at nag-uunahan na makalapit sa bulletin.

Umalis na ko bago pa ko mapisa dahil sa kakagitgit nila. Hinanap ko'ng pilit si Keifer. Kailangan ko sya'ng makausap.

Sya nagpasa ng papel ko kay Sir Alvin. Baka may napansin sya don kahit kaunti. Kasi wala talaga akong naisagot nung araw ng exam. Nakatulog nga ako! Kaya panu naging 97.8 ang grade ko.

Nakita si Ci-N na nakatayo at may hawak na handbag. Lumapit ako sa kanya para sana tanungin si Keifer pero agaw pansin sa mata yung bag na hawak nya.

**"Nagbago kana ba ng hilig?"** Tanung ko habang nakaturo sa hawak nya.

**"Ha? Hindi ah! May nag-abot sakin kanina habang nakikisiksik ako."** Paliwanag nya.

*Nag-abot? Sino na namang*----

**"Kuya! Bag ko yan!"** Sabi ng kung sinong babae habang nakaturo sa bag na hawak ni Ci-N.

Inabot ni Ci-N yun. **"Hindi ko naman ina-angkin."** Sabi nya.

Kinuha ng babae yun at umalis na.

**"Tignan mo.. hindi man lang nagpasalamat."** sabi ko kay Ci.

Nagkibit balikat nalang sya at lumakad pabalik sa room. Sumunod naman ako. Baka andun si Keifer kumag.

Kayalang hindi pa kami nakakalayo ng may humawak sa balikat ni Ci-N.

**"Sya ba?"** Sabi nung lalaki'ng humawak kay Ci.

**"Oo.. Sya yun! Sya yung nagnakaw."** Sagot ng isang babae.

*Eto yung may-ari ng bag at anung ninakaw?*

Napatingin ako kay Ci-N na halatang walang alam sa nangyayarii. Kahit ako naguguluhan din. Naglapitan na yung ibang mga istudyante para maki-usyoso.

Anu bang sinasabi ng mga to?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 45

**Thief**

***Jay-jay's POV***

Mahirap mapagbintangan. Alam ko dahil naranasan ko na yan. Pero ibang bintang yun at hindi bintang sa pagnanakaw.

Sa lahat yata ng bintang ito ang nakakasira ng buhay ng tao. Kahit kasi lumabas na ang totoo, sira na ang pangalan ng madidikitan ng salitang ito.

*Magnanakaw.*

**"Bata! Ilabas mo na yung pera ng girlfriend ko!"** Sabi nung lalaki.

**"H-hindi ko alam yung sinasabi mo..."** Sagot ni Ci-N sa kanya.

Hinawakan na nung lalaki ang kwelyo ni Ci-N kaya naalarma ako.

**"Hoy! Hoy! Bitiwan mo nga si Ci-N!"** Sabi ko at agad na tinulak ang lalaki palayo kay Ci.

**"Wag ka nga makialam dito Miss! Ninakaw ng lalaki na yan ang pera ko!"** Bintang nung babae.

**"Sigurado ka?! May pruweba?!"** Hamon ko.

**"Sya lang humawak sa bag ko! Andun ka nga nung kinuha ko sa kanya diba?!"**

**"Oo.. pero may nag-abot lang sa kanya ng bag mo!"**

**"Sinungaling!"**

*Anu daw? Sinabihan ba nya ko'ng sinungaling?* Aba! Lintik na babae'ng to!

**"Maka-sinungaling ka! Lamutakin ko kaya bunganga mo!"** Banta ko sa babae.

Pinandilatan nya ko ng mata. **"Edi lamutakin mo!"** Mayabang nya'ng sagot sakin.

*Aba talaga'ng!*

Lalapit na sana ko sa kanya para gawin yung banta ko pero hinawakan ako ni Ci-N.

**"Jay... Wag mo ng patulan!"**

**"Bitiwan mo ko... Dapat dito, sinasampal! Maldita!"** Sabi ko habang pilit inaabot yung babae.

Ayaw naman lumapit nung isa. Natatakot din yata, kunyari pang matapang.

**"ANUNG NANGYAYARI DITO?!"** sigaw ni Aries mula sa kumpulan ng mga istudyante.

*Alam kong sya yun! Boses pa lang.*

**"Eto kasing lalaki na to.. Ninakaw nya yung pera ko sa bag. Ayaw naman nya'ng----"**

**"Wala nga sya'ng ninanakaw!"** Putol ko sa sinasabi nya.

**"Bakit nakita mo ba?!"** Mataray na tanung sakin nung babae.

**"Ikaw, nakita mo?!"** Balik kong pagtataray sa kanya.

Sakin ka pa talaga nagmaldita. *Impakta'ng to.*

**"Oh my... Ci-N, ginawa mo na naman?"**

*Shit!* Bakit ngayon pa lumitaw ang babae'ng to? Mahilig talaga'ng manira ng buhay ang Freya'ng to. Tinignan ko sya ng masama.

**"W-wala akong ginawa..."** Sagot ni Ci-N sa kanya.

Itinago ko si Ci sa likod ko. Kahit hindi ko sya nakikita alam kong natatakot sya.

**"Minsan ka ng nagnakaw sa Section natin dati. Inulit mo naman?"** Dagdag pa ni Freya.

*Tang'na! Wag kana magsalita! Hindi ka nakakatulong!*

**"Magnanakaw ka pala talaga eh!"** Sigaw nung lalaki'ng humawak kay Ci-N kanina.

Sasagutin ko sana sya pero may kamay na humawak sa kwelyo nya. Kamay ni Eren.

**"Isa pang buka ng bibig mo! Bubutasin ko lalamunan mo!"** Banta ni Eren sa lalaki.

Naramdaman ko din na may ibang tao sa likod at tabi ko. Hindi ko na sasabihin, ramdam ko awra nila. Sila lang ata ang meron nito.

**"Ci! Totoo ba yun?!"** Ma-otoridad na tanung ni Yuri.

**"H-hindi..."**

**"Walang ninakaw si Ci-N. Hindi rin nya kailanga'ng magnakaw."** Sabi ni Yuri dun sa babae.

**"Sya lang ang humawak sa bag ko! May pera dito, ako at boyfriend ko lang ang nakakaalam nun!"** Pagpipilit nung babae.

**"Baka naman boyfriend mo nanguha?!"** Sabi ni Kit.

*Baka nga.*

Agad na tumingin ng masama yung lalaki'ng hawak ni Eren kay Kit. Sya nga pala yung boyfriend.

**"Imposible! Sya yun at alam kong sya yun!"** Pilit pa rin nya.

Nababanas na talaga ko sa babae na to. *Pasampal lang! Isa lang!*

**"Hahaba lang ang usapan na to. Magkanu ba ang nawala sayo miss?"** Biglang singit ni Mykel sa usapan.

**"20,000."** Sagot nung babae.

Bakit naman nagdadala ng ganun kalaki tong babae na to?

Kinuha ni Mykel ang wallet nya at dumukot ng pera. Inabot nya sa babae.

**"25,000 yan... Dinagdagan ko na, Danios para sa perwisyo."** Sabi nya Mykel.

Tinanggap naman ng babae'ng maldita yun at umalis na kasama ng boyfriend nya'ng panis.

Humarap samin si Mykel at tinignan si Ci-N na nasa likod ko. **"Kung kailangan mo ng pera, manghingi ka sa Nanay mo. Wag kang magnakaw."**

**"Gago ka ah!"** Susugurin ko na sya ng may yumakap sakin mula sa likod at pilit akong binitbit pabalik sa room namin.

**"Bitiwan nyo ko! Sasapakin ko lang yun!"** Pagpupumiglas ko.

Pagdating sa room, binitiwan na ko ng humawak sakin. Si Yuri pala. Agad ako'ng tumakbo palabas pero hinarangan nila yung pinto.

**"Tumigil ka Jay!"** Sigaw sakin ni Yuri.

Wala akong magawa. Hindi ako makalusot sa mga nakaharang sa pinto.

*Nakakainis! Argh!*

Sa sobrang inis ko, sinipa ko yung isa sa mga table at hinarap si Ci-N.

**"Bakit hindi mo sakin sinabi?!"** Galit na tanung ko.

Nakayuko lang ang Ci-N at hindi nagsasalita. Si Keifer ang nagsalita para sa kanya.

**"Wala nama'ng sasabihin si Ci-N sayo, wala naman sya'ng ninanakaw!"**

**"Hindi yun!"** Sagot ko sa kanya at muli ako'ng humarap kay Ci-N. **"Bakit hindi mo sinabi sakin na napagbintangan kang nagnanakaw kaya ka napunta sa Section E?"** Nagbuntong hininga ako. **"Ang sabi mo nagkagulo at sayo nagsimula kaya ka nilipat ka sa Section E. Bakit kailangan mong magsinungaling?"**

**"K-kasi.. N-natakot akong baka mag-iba tingin mo sakin."** Sagot ni Ci-N.

**"Hindi mo ba naisip na mas mag-iiba yung tingin ko sayo kapag----"**

**"Jay!"** Sigaw ni Yuri.

**"----hindi mo sinabi ang totoo. Para mo na ring pina----"**

**"Jay!"** Sigaw ulit ni Yuri.

**"----tunayan na totoo yung sinasabi nila----"**

**"JAY!"** galit na sigaw ni Yuri.

Napatigil ako at salubong na kilay na tumingin kay Yuri. Hindi sya nagsalita pero yung mata nya lumilipat-lipat sakin at kay Ci-N.

Hindi ko na gets yung ibig nyang sabihin. Pero tumingin pa rin ako kay Ci-N. Pinupunasan nya yung mata nya at pilit tinatago ang muka.

*Umiiyak sya.*

Nawala yung inis na nararamdaman ko. Nagsisisi ako sa mga pinag-sasasabi ko. Kung anu-anu kasi lumalabas sa bibig ko kapag naiinis ako.

Lumapit ako kay Ci-N at niyakap sya. **"Sorry... Hindi ko sinasadya'ng magsalita ng ganun. Sorry. Sorry."**

Bumalik ng yakap si Ci-N. Bigla sya'ng umiyak ng malakas. Parang bata'ng inaway ng kalaro.

**"Iiyak mo lang yan. Andito lang ako."** Sabi ko habang hinihimas ang likod nya.

**"..Kami."** pagtatama ni Keifer.

**"H-hindi ako ayun... M-maniwala ka."** Bulong ni Ci-N habang patuloy sa pagiyak.

**"Naniniwala ako sayo... Alam kong hindi mo gagawin yun."**

Hindi ako sanay na makita si Ci-N na ganito. Isa kasi sya sa nagbibigay buhay dito sa room.

**"Mas mabuti kung iuwi mo na si Ci. Kami nalang bahala kumausap sa mga teacher."** Sabi ni Keifer.

Nag-nod naman ako bilang pagsang-ayon. Tumahang pilit si Ci-N at inayos ang sarili. Kinuha ko yung bag naming dalawa at hinawakan sya sa braso.

Malapit na kami sa main building ng napansin kong naka-yuko sya. Hinawakan ko ang baba nya at pilit itulak pataas.

**"Wag kang yuyuko. Wala kang ginawa'ng masama kaya hindi ka dapat mahiya."** Sabi ko.

**"S-sige.."** sagot nya sakin.

Lakas loob kaming dumaan sa harap ng mga istudyante papunta sa gate. Pinagtitinginan nila si Ci-N at pagbubulungan.

"*Crush ko pa naman sya. Magna pala.*"

"*Grabe! Ang bata pa nya tapos ganun na yung ginagawa.*"

"*Nakakahiya.*"

"*Next time hawakan nyo ng mabuti mga bag nyo.*"

Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko. Baka kasi hindi na ko makapag-pigil. Yung mga taong hindi naman alam yung tunay na nangyari pero kung makapang-husga wagas.

*Asar! Ugh!*

**"J-jay... N-nasasaktan ako."** Sabi ni Ci-N.

Napatingin ako sa kamay kong naka-hawak sa braso nya. Humigpit yung hawak ko ng hindi ko namamalayan. Sa kanya ko tuloy nabunton inis ko.

**"S-sorry.."** sabi ko at binitiwan ang braso nya.

Paglabas sa gate nagtawag agad kami ng Taxi. Si Ci-N ang nagbigay ng address nya. Sa isang subdivision kami nagpunta.

Huminto kami sa harap ng malaking bahay. *Naknang... Yayamanin din pala ang batang to.*

**"Jay, wag mo sasabihin kila Mama ko yung nangyari ah?"** Paki-usap nya bago kami pumasok sa gate.

**"Sige."**

Mas malaki yung bahay nila kila Aries. Ang lawak ng garahe at garden sa harap. Meron pang mini playground.

Pagpasok sa loob, malaking hagdan ang bumungad sakin. May babae'ng pababa dito habang may kausap sa phone.

**"Ma!"** Tawag ni Ci-N dito.

Eto pala ang Nanay nya. Ang bata tignan at mukang kagalang-galang.

Sumenyas ng isa sa daliri yung Mama ni Ci. Mukang busy sa kausap nya. Pagkababa ng phone dun pa lang nya kami hinarap.

**"Ci anak! Bakit ang aga mo?"** Sabi nito at humalik sa pisngi ni Ci-N.

**"Ma.. Kasi----"** hindi na natapos ni Ci ang sasabihin. Tumunog kasi ang cellphone ng Mama nya at may kinausap na naman.

Tumingin lang sakin si Ci at nagpilit ng ngiti. Sa itsura ng Mama nya, mukang laging busy sa ibang bagay.

**"Ci! Kailangan ko ng umalis, may emergency sa ospital. Take care of yourself!"** Sabi ng Mama nya at mabilis na naglakad palabas.

*Hindi ba ko nage-exist? Hindi man lang ako napansin.*

**"Sorry Jay... Hindi man lang kita napakilala."**

**"Okay lang... Mukang busy Mama mo. Ano ba trabaho nya?"**

**"Doctor... Pareho sila ni Papa."**

Nag-nod lang ako. Nakarinig kami ng malakas na busina ng kotse sa labas. Dinaig pa yung busina ng ten wheeler.

**"ASAN SI CI-N?"** sigaw ng kung sinong lalaki.

Halata kay Ci-N ang takot nya nung marinig yung boses nung sumigaw.

**"Sino yu----"**

**"CI-N!"** Sigaw na naman nung lalaki.

Napatingin kami sa pinto, kung saan nakatayo ang isang lalaki na Older version ni Ci-N. Matangkad at natipuno, may kaunting balbas at may salamin.

Agad itong lumapit kay Ci-N at kinwelyuhan.

**"Tumawag sakin si Mykel! Anu na namang ginawa mo school?"** Galit na tanung nito kay Ci.

**"K-kuya... N-nasasaktan ako."**

*Kuya?* Kaya pala parang older version nya.

**"Talaga'ng masasaktan ka sakin!"** Banta nito.

Lumapit na ko sa kanila at pilit inalis ang kamay nito sa kwelyo ni Ci-N.

**"Sino ka naman?!"** Tanung sakin nito.

**"C-classmate ko. Si Jay-jay..."** Pakilala ni Ci-N.

Tinignan lang ako nito mula ulo hangang paa. *Makatingin naman to.*

Biglang tumunog ang cellphone nito at agad naman nyang sinagot. Sandali lang itong nagsalita at pagkatapos ay humarap naman samin.

**"Hindi pa tayo tapos... Babalikan kita!"** Banta nito habang dinuduro si Ci-N.

Mabilis itong naglakad paalis. Grabe! Sobrang busy naman ng mga tao dito.

**"Ganyan ba talaga Kuya mo?"**

**"Minsan... Buti nga wala si Ate. Baka narindi ka sa bunganga nun kung andito yun."**

May kapatid pa syang babae? *Nice!*

**"Tara dun tayo sa kwarto ko."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 46

**Suspect**

***Jay-jay's POV***

Naiingit ako. Gusto ko din ng kwarto kagaya kay Ci-N. Puro laruan at meron syang Snorlax na malaki. Parang kwarto ng bata yung kwarto nya.

Dapat dun na ko maghahapunan sa kanila. Kayalang baka daw mag-away kami ng mga kapatid nya kaya pinauwi na ko ni Ci.

Bakit pakiramdam ko hindi naasikaso ng maayos si Ci-N sa bahay nila? Sabi nga pala nya dati na busy yung mga tao sa kanila kaya gusto nyang ipagbaon ko sya.

*Tsk! Kawawang bata!*

Pagpasok sa room. Ang lungkot nila. Ang lungkot din ng awra. Lumabas na yung result, dapat nakaginhawa na sila pero wala akong madamang kaligayahan sa kanila.

Siguro dahil kay Ci-N kaya sila ganyan. Ang lungkot kasi nya habang nakatingin sa bintana.

**"Hi Ci!"** Bati ko sa kanya habang nakangiti.

Pilit na ngiti nga lang ang sinagot nya sakin at binalik ang tingin sa bintana.

Hindi pa naman ako sanay na makita syang ganito. *Nakakapanibago*.

**"Gusto mo ng pancakes? Meron ako dito... Luto natin?"** Alok ko sa kanya.

Umiling lang ang Ci-N.

*Bakit nakakahawa yung kalungkutan nya?*

Kaya siguro ang lungkot din ng mga classmate namin. Nahawa din sila dito sa kaharap ko.

May kumalabit sakin, kaya bahagya akong lumayo kay Ci at tinignan kung sino yun. Si Keifer kumag, sinenyasan nya kong lumabas.

Binaba ko sandali yung bag ko at sinundan sya sa labas. Ng medyo makalayo na kami dun pa lang nya ko kinausap.

**"Hayaan mo muna si Ci-N. Babalik din sya sa dati, hindi ko nga lang alam kung kailan."** Sabi ni Keifer habang nakapamulsa.

**"Panu mo naman nasabi?"**

**"Ganyan din sya dati nung dumating sya sa Section namin."**

Huminga ako ng malalim at napayuko. Ayoko sana'ng humingi ng tulong sa ulupong na to. Kayalang kailangan eh.

**"Meron ka bang 25,000 dyan?"**

Makahulugan ang naging tingin sakin ni Keifer. Alam kong alam nya ang gagawin ko.

**"Sigurado ka dyan sa balak mo?"** Tanung nya sakin. Nag-nod naman ako bilang sagot. **"You don't wan't to know who is the person behind this shit?"**

*Behind?* Sinasabi nya bang set up yung nangyari kay Ci-N? Kung set up nga yun, sino nga ang may gawa?

**"Sinasabi mo ba na----"**

**"Yeah! It was a frame up. Masyado'ng obvious para sakin. At ang lakas din ng loob ng babae, kahit wala naman sya'ng prove."** Explain nya.

*Tama nga!* Parang ang tapang nga nung babae, kahit hindi naman talaga nya kayang patunayan.

**"A-anung balak mo? Meron ka na bang suspect?"** Tanung ko.

**"If I tell you... Are you willing to help me?"**

Walang patumangga akong tumango sa kanya. Kahit anu gagawin ko matulungan lang si Ci-N. *Uhmmm.*. Hindi pala lahat, yung kaya ko lang.

**"Alright... Kunin mo yung bag mo. We're leaving now."** Sabi nya at lumakad paalis.

Hindi ko natanung kung bakit. Nakalayo na ang walang hiya. Bumalik ako sa room at kinuha yung bag ko. Ibinilin ko din si Ci-N kay David at Calix pati na rin kay Eren.

Tumakbo ako palabas. Pilit kong hinanap si Keifer pero hindi ko sya makita. Wala rin sa parking.

*Hindi kaya pinagti-tripan lang ako nun?*

Kakahanap sa ulupong na yun. Hindi ko namalayan na nasa labas na pala ako ng school.

*Kaasar naman!* Wala pa naman akong number nung mokong na yun.

*****Beep******Beeeeepp*****

*Makabusina naman to wagas!*

Tinignan ko yung kotseng palapit sakin. *Mustang!* Yayamanin. Tumapat sakin yun at bumaba yung bintana.

**"Sakay..."** Utos ng driver na si Keifer pala.

*Sa kanya to? Mayaman din pala ang ulupong na to?*

Sabagay muka naman talaga sya'ng mayaman. Sumakay naman ako kagaya ng utos nya.

**"Sayo to?"** Tanung ko sa kanya.

**"Hindi... Napulot ko lang."** Bored nyang sagot sakin.

**"Weh?"**

**"Tss. Idiot! You think I'll drive this, if this is not mine?"**

**"Malay ko naman kung hiniram mo lang o kaya Carnap!"**

**"Nasa itsura ko ba ang nanghihiram at carnapper?!"**

**"Wala... Pero malay ko pa rin."**

**"Kulit! Hindi----why am I explaining to you? This is stupid!"** Sabi nya at nag-focus sa pagd-drive.

Buti naman napansin nya. Mukang kami'ng tanga sa pinagtatalunan namin. Bakit nga ba namin pinagtatalunan yun?

*Abnormal kasi!*

**"Pwede mo naba sabihin yung suspect at yung plano mo?"** Panimula ko.

**"I have two suspect. Freya Hidalgo and Mykel Mitchell... Kung mapapansin mo, both person hates you at pwede'ng si Ci-N ang ginamit nila para makaganti sayo."** Paliwanag nya.

Tama si Keifer. May galit nga sakin ang mga impakto na yun. Pero kung galit lang ang pag-uusapan, meron pang iba.

**"They are not the only one who hates me... Aries and Ella too."**

Keifer cleared his throat. **"Ella is out of the picture. Hindi nya kaya'ng gawin yun."**

**"Pero galit din sya sakin. Nakialam ako sa issue nila Mica and Calix----"**

**"Hindi nya kaya."** Mariin nyang sabi.

Hindi na ko nagsalita. Parang trigger ang pangalan ni Ella, kapag nabanggit nag-iiba na ang awra nitong si Keifer.

**"Panu yung plano mo?"** Pag-iiba ko ng topic.

**"Honestly? Wala pa talaga pero magw-withdraw muna ako. You're asking for money."**

*Ay*..

Impakto'ng to! Wala pa palang plano, basta nalang ako hinatak at inayang mag-ditch ng class.

**"Ayos ka rin eh. Anung gagawin natin ngayon?"**

**"I don't know... By the way, bakit mo naman nasabing galit sayo si Aries? Alam kong parang may something sa inyo pero bakit kailangan nyang idamay si Ci-N?"**

Tumingin ako sa labas ng bintana. Sasabihin ko bang dahil sa mga pinag-gagawa ko dati? Hindi naman kami ganun ka-close para ikwento ko sa kanya ang talang buhay ko.

**"D-dahil dun sa video.."** sagot ko.

*Oo, tama.* Yun lang ang pinaka-huling kinagalit nya sakin.

**"Anung video?"**

Ipinaliwanag ko sa kanya yung ginawa kong pagkuha ng video sa CR ng babae. Sinabi ko din sa kanya na pinakita ko kay Aries yun pero sa halip na magalit kay Freya, sakin sya nagalit.

**"Wow... That's unfair."** Komento nya.

Tumango-tango naman ako. Diba? May sumang-ayon sakin. Unfair naman kasi talaga yung Aries na yun.

*Oo.. tapos iniyakan mo sya.*

Inihinto ni Keifer ang kotse'ng sinasakyan namin sa tapat ng isang bangko. Bumaba sya at dumiretso sa ATM.

Sandali lang sya at agad na bumalik. Inabot nya sakin ang nangangapal na pera bago paandarin ulit ang kotse.

*Grabe! Ang daming pera.*

**"Anu ba talaga'ng balak mo dyan?"** Tanung nya sakin.

*Anu nga ba?*

**"Uhmm.. Ibabalik ko sana kay Mykel."**

**"Kapag ginawa mo yun, para mo na ring inamin na si Ci-N nga ang nag-nakaw."**

*Ay shit!* Hindi ko naisip yun.

**"Takte! Hindi ko naisip yun."**

**"Tss. Stupid."** Bulong ni Keifer pero narinig ko pa rin.

Inirapan ko nalang sya. Medyo tama kasi sya dun. Tahimik lang kami pareho. Hindi ko talaga alam kung saan patungo tong byahe namin, hangang sa bigla nalang nag-U turn ang hudas.

Hindi ako naka-seat belt. Ayun, nasubsob ako sa bintana.

**"Dahan-dahan naman!"** Sigaw ko sa kanya.

**"I have an idea. Alam ko na kung saan natin pwedeng gamitin ang pera na yan."**

Abnormal tong animal na to. Pwede naman nya'ng sabihin sakin ng mas maaga bago sya nag-U turn basta. Sakit tuloy ng kanang pisngi ko.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"Have you seen Ella?"** I ask my classmate.

Most of them shook their heads but one of them mouthed '*CR*'. Ang babae'ng yun kasi, bigla bigla nalang nawawala.

Umupo nalang ako. Alangan namang puntahan ko sya dun, CR ng babae yun.

**"FREYA!"** Someone shouts.

Napitingin ako sa pinto. Kung saan galing ang tumawag. It was Rakki, looking furiously at Freya.

**"Oh."** Freya answer boringly. **"...if you're here because of the incident with Ci-N. You're barking at the wrong tree."**

**"Kung hindi ikaw... Sinong may gawa non?!"** Galit na tanung ni Rakki.

**"I don't know..."** Freya answer and look at Mykel.

**"Nah-ah! Not me!"** Mabilis na sagot ni Mykel.

Bigla nalang lumipat ang tingin nila'ng tatlo sakin. *Seriously?! Ako talaga?!*

**"What?"** I ask them.

**"Did you?"** Tanung sakin ni Freya.

I shoked my head. **"I have no reason to do that."**

**"But you hate Jay-jay... Pwede'ng ginamit mo si Ci-N para makaganti sa kanya."** Rakki said.

**"Yeah i hate Jay... Pero hindi ako gagamit ng iba para makaganti sa kanya. That was so amateur."**

**"Baka naman talagang ninakaw nya."** Mykel said.

Nakakuha sya ng matalim na tingin kay Rakki. **"Hindi yun magagawa ni Ci!"**

**"Edi hindi..."** Sagot ni Mykel.

I have no idea what is really going on. Kung frame up or set up nga yung nangyari dun sa Ci-N, bakit naman gagawin sa kanya yun?

**"Kapag nalaman ko'ng may kinalaman kayo sa nangyari! Humanda kayo sakin!"** Banta ni Rakki at mabilis na nawala sa pangingin namin.

**"Okay... Speak na! Kung sino may gawa nun! Amin amin din!"** Sigaw ni Freya at inikot ang tingin saming lahat pero sakin din naman ang landing.

*Nilakas pa kuwari! Sakin din naman ang binta'ng.*

**"Wala talaga'ng aamin kung wala naman talaga'ng dapat aminin!"** Sabi ko at tumayo.

Mabilis ako'ng naglakad palabas ng room. Sakto nama'ng pabalik si Ella kaya salubungan kami. Nginitian nya ko at ganun din ang ginawa ko sa kanya.

**"Tara sa rooftop.."** aya ko.

Nag-nod naman sya at sumunod sakin papunta'ng rooftop. Wala'ng ibang tao dito. Mainit kasi at walang pupwestuhan para pagtambayan.

**"Aanu tayo dito?"** Ella ask me.

**"Bakit mo ginawa yun?"** Mahinaho'ng tanung ko sa kanya.

**"Ginawa ang alin?"** Inosente nya'ng tanung.

**"You can't fool me Ella. Bago naging tayo, sinabi ko na sayo na lagi kita'ng ino-obserbahan. Alam ko kapag may ginawa ka na labag sa loob mo."**

Nawala ang ngiti nya sa labi at lumapit sa fences na harang sa paligid ng rooftop.

Lumapit ako sa kanya at mula dito kita'ng kita namin ang room ng Section E.

**"I hate your cousin. Hindi na nakikinig sakin si Mica dahil sa kanya. Although i'm happy for her, i still hate the fact that she did not listen to me."** Explain nya.

**"Bakit mo dinamay yung Ci-N? Akala ko friend mo sya dati."**

**"Aaminin ko, nami-miss ko yung mga dati kong kaibigan sa Section E. Ci-N is one of them, hindi na nya ko masyado'ng binabati."**

**"Maybe because of me or the incident happen between me and Keifer."**

**"Sana nga yun lang yung reason, pero nung dumating si Jay naging close sila agad. Alam kong maaapektuhan ng husto si Jay kapag si Ci ang ginamit ko."**

Inakbayan ko sya at sinandal ang ulo nya sa balikat ko. Kahit hindi nya aminin alam kong nagseselos sya. Nasanay sya sa atensyon ng Section E sa kanya dati pero lahat ng yun na kay Jay-jay na ngayon.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 47

**Sorry?**

***Jay-jay's POV***

**"Bitiwan mo ko! Sasapakin ko talaga yan!"** Sigaw ko habang nagpupumiglas sa pagkakahawak sakin ni Keifer.

**"Would you please stop!"** Sigaw naman sakin ni Keifer.

**"Hindi ako titigil!"**

**"Tingin mo maaayos to sa pagwawala mo?!"**

**"Hindi! Pero mawawala yung galit ko kapag nasapak ko yang babae na yan!"**

Pilit akong kinalad-kad pabalik at isinakay ni Keifer sa kotse nya.

**"Stay here! Ako na makikipag-usap!"** Sigaw nya sakin at mabilis sya'ng umalis.

Narinig kong tumunog ang kotse nya pero hindi ko pinansin. Nang makalayo ang wala'ng hiya binubuksan ko yung pinto pero ayaw.

*Nakalock ba to?*

Wala nama'ng unlock dito sa pinto kagaya ng nasa kotse ni Aries. *Panu to?*

Kasalanan tong lahat nung babae'ng maldita na Imelda pala ang pangalan. Sya yung makabintang ng '*magnanakaw*' kay Ci-N, wagas!

Pinuntahan namin sya ni Keifer. Hindi ko nga lang alam kung panu nya nalaman ang bahay nito'ng babae. Basta tumawag sya kay Rory----classmate namin----at nagtanung.

Binalak ni Keifer na bayaran yung babae para paaaminin. Kayalang maldita talaga yung Imelda. Nagalit pa samin at kung anu-anu pinagsasasabi.

Kaya ayun, nag-init ang ulo ko at sasampalin ko sana. Hinawakan lang ako agad ni Keifer at pilit inilayo.

Bagay sa kanya pangalan nya. *Imelda maldita.*

**"Kainis!"**

May ilang minuto rin siguro akong naka-upo sa loob ng kotse ni Keifer bago sya bumalik.

Sumakay sya agad at pina-andar ang kotse. Kahit hindi sya nagsasalita ramdam kong mainit ang ulo nya.

**"Bwisit."** Sabi nya.

*Ay bigo!*

Init ng ulo nya, obvious na ginalit din nung Imelda. Impakta yun! Isang sampal lang talaga, maligaya na ko.

**"Anu na? Anu nang gagawin natin ngayon?"** Inis na tanung ko sa kanya.

**"Bumalik muna tayo sa school."** Sagot nya sakin.

Ilang subject na yung hindi namin napasukan. Pisti kasi! Kapag nalaman pa sa bahay to makagalitan pa ko.

Bakit ba kasi? Bakit si Ci-N pa ang napagtripan ng kung sinong damuho? Kawawa yung bata.

Tahimik lang kami sa byahe ng may bigla ako'ng maalala.

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya. Hindi sya sumagot pero alam ko'ng narinig nya. **"...Gusto ko lang sana itanung kung may napansin ka sa test paper ko nung pinasa mo yun kay Sir?"**

Hindi sya sumagot. *Ay baka hindi ako narinig.* Nakatingin pa rin ako sa kanya, samantalang sya sa daan parin ang focus.

**"I did that."** maikli nyang sagot.

Hinintay ko kung duduktungan pa nya yung sinabi nya pero tumahimik na naman ang ulupong.

**"Ang alin?"** Tanung ko.

**"I answer your test kaya ka nagka-grade."**

*Pakshet!*

Napasinghap nalang ako bigla sa inis. Sira-ulo kasi tong gago na to. Wala ata sa katinuan ang isip nya.

**"Baliw kana ba? Ipapahamak mo ko sa ginawa mo!"**

**"Hindi ka mapapahamak kung hindi nila malalaman."**

**"Ugh! Nag-iisip kaba?"**

**"Tsk! What kind of question is that?"** Medyo tumaas yung tono ng boses nya.

Oo nga naman. What kind of question nga naman yung tanung ko! Syempre! HINDI SYA NAG-IISIP! Abnormal kasi sya, Hari talaga ng mga ulupong. Baliw!

**"Anu ba kasing pumasok sa isip mo?! Bakit mo ba gina----ahh.. bumabawi ka sa ginawa mo'ng kahalayan sakin no?!"** Bigla ko kasing naalala yung ginawa sakin ni Keifer dati. Sa halip na mag-sorry binigyan lang ako ng ice cream ng moko'ng.

Pati motto nya naalala. *Apologizing is not my thing so as explaning.* Kaya agad din'g pumasok sa isip ko na ganun din ang ginawa ngayon.

**"Don't call it kahalayan! P-parang ganun na nga..."**

I chuckled bitterly. **"Napaka-hirap bang mag-sorry?! Hindi mo ba natutunan ang mga salita'ng yun?! Sorry lang okay na.. hindi na aabot sa ginawa mo!"**

**"Tss. No. Ayoko'ng nags-sorry... Nakakababa ng sarili."**

Natampal ko nalang ang noo ko. Napaka-taas ng pride ng tao'ng to. Dinaig ang Burj Khalifa. Hindi ko kinaya.

*Taas! Light years ang layo!*

Pagbalik sa school, agaw eksena yung kotse ni Keifer. Buti nalang kaunti lang ang istudyante sa labas. Tumakbo ako pabalik sa room.

Gusto ko na rin kasing kamustahin si Ci-N. Pagpasok sa room, wala pa ring buhay ang paligid. Tulala pa rin ang Ci-N.

**"Saan kayo galing?"** Tanung sakin ni David.

**"May inasikaso lang..."** Sagot ko. Lumapit ako kay Ci-N. **"Ci! Gusto mo chocolate?!"** Masiglang tanung ko sa kanya.

Nagpilit lang ng ngiti ang Ci-N at umiling bago bumalik sa pagtitig sa kawalan.

**"Ako, gusto ko!"** Singit ni Eren.

Irap lang ang binigay ko sakanya. Para kaya kay Ci-N to.

**"Yuri... I need to talk to you."** Sabi ni Keifer na nakatayo sa pinto.

Lumapit naman ang Yuri at lumabas sila ulit ni Keifer. Bumalik ako sa upuan ko pero nakay Ci-N pa rin ang tingin ko.

*Anu bang gagawin ko sa bata na to?*

Dumating ang lunch break. Hindi na kami nagpunta ng tambayan. Ayaw rin kasi'ng umalis ni Ci-N. Dun na kami kumain sa room kahit halos maubos ng mga patay gutom ang baon namin, kakahingi nila.

Wala rin'g gana ang Ci-N kaya sila Eren at Kit lang din ang nakinabang sa baon nya.

*Ci-N naman!*

Maging sa mga sunod nami'ng subject ganun pa rin sya. Nakagalitan na rin ako ng teacher namin dahil nasa kanya ang tingin ko.

*Worried kasi talaga ako!*

Natapos ang araw at matamlay pa rin ang Ci-N. Sabay sabay kami'ng naglakad palabas. Para takpan na rin sya sa mga tao'ng pagbubulungan lang sya.

Kayalang hindi pa rin talaga sya nakaligtas.

"*Yung mga bag nyo guys!*"

"*Hindi na nahiya.*"

"*Nakakatakot na tuloy lumapit sa kanya.*"

Nag-iinit na naman ang ulo ko sa mga tao'ng to. Wala ba ko'ng pwede'ng sampalin sa kanila? Kahit isa lang!

**"Kami na maghahatid kay Ci-N sa kanila. Umuwi kana sa inyo."** Utos ni Yuri sakin.

Tumango nalang ako at hinayaan silang umalis. Naglakad lang ako pauwi samin.

Iniisip ko kasi kung anu'ng pwede'ng gawin para bumalik na sa dati si Ci-N. Hindi talaga ako sanay ng ganyan sya.

Pagdating sa bahay, may Ban na nakaparada sa labas.

*May bisita yata sila!*

Pumasok ako agad para tignan yun. Si Tito Julz, asawa ni Tita Gema. Dumating na sya!

**"Jay! Batiin mo ang tito mo!"** Utos sakin ni Tita ng makita nya ko.

Nginitian ko naman sya pagharap sakin.

**"Ikaw naba yan Jay? Ang laki mo na!"** Sabi ni Tito Julz.

Napahimas ako ng batok. **"Kamusta po?"** Nahihiya'ng tanung ko.

**"Ayos lang..."** Tumingin sya sa likod ko. **"...hindi mo kasama si Aries?"**

Nagpilit ako ng ngiti at umiling.

**"Baka padating na yun..."** Singit ni Kuya Angelo.

Andito na rin pala sya.

**"Jay... Magbihis kana at mag-miryenda."** Utos ni Tita.

Agad naman ako'ng pumunta sa kwarto ko para magbihis. Akmang lalabas na ko ulit ng bumukas ang pinto at pumasok si Kuya Angelo.

**"I need to talk to you."** Seryoso nya'ng sabi at isinara ang pinto.

Kinabahan ako agad. Muka'ng alam na nya na nag-skip ako ng class.

**"T-tungkol saan?"**

**"You skip your class this morning, is that true?"**

*Sabi na eh.*

Umiwas ako ng tingin at napakagat sa ibaba'ng labi. Lagot na naman ako nito!

**"..And you're with Keifer?"** Dagdag pa nya.

Napakamot ako ng ulo. Hindi ko alam ang sasabihin kay Kuya. Bigla nalang nya hinatak ang patilya ko.

*Aaawww...*

**"Tumitigas na naman ang ulo mo..."** Sabi nya habang patuloy sa paghatak.

**"A-aray.. K-kuya..."**

**"Isa pa... Isa pa'ng beses na may gawin ka'ng kalokohan, yari ka sakin."** sabi nya at binitiwan ako.

Maiyak-iyak ako habang hinihimas ang patilya ko. *Masakit kaya!* Parang mas gusto ko pa kapag nagbubunganga sya.

Lumabas na ko at dumiretso sa kusina. Andun na si Aries kausap si Tito Julz. Tumabi sa kanila si Kuya Angelo.

Nakikinig lang sila kay Tito, sa mga kwento nito. Nakakatuwa sila tignan at nakaka-inggit na rin.

Kahit kasi hindi si Tito Julz ang tatay nila, close na close sila Kuya Angelo at Aries sa kanya. Alam ko namatay na Tatay ni Kuya nung sanggol pa lang sya, kaya siguro Fernandez na rin ang ginamit nya.

Yung Tatay ni Aries, hindi malinaw ang usap. Hindi ko alam kung anu nangyari dun. Basta, alam ko lang ilang beses nya sinubuka'ng kuhanin si Aries. Fernandez na din ginamit nya kasi hindi naman daw naging Tatay sa kanya yung Tatay nya.

Ako? Eto, Mariano nga ang gamit hindi ko naman kilala Tatay ko. Basta alam ko lang pangalan nya sa Birth Certificate ko '*Boy Mariano*'.

*May ganun pa lang pangalan?*

Buti sana kung iisa lang sya'ng Boy Mariano sa Pilipinas. Kayalang, syempre hindi.

*Saan na kaya sya?*

Sa picture ko lang sya nakita dati. Iisa'ng picture namin na tinago pa ni Lola. Ayaw daw kasi ni Mama na makita pa yung lalaki na yun.

Baby pa ko dun sa picture tapos buha't buhat ako ni Papa. Nasa harap kami ng simbahan na hindi ko kilala'ng lugar.

**"Kelan pala dating nila Nanay dito?"** Tanung ni Tito Julz na nagbalik sakin sa ulirat.

*Pupunta sila Lola dito?*

**"Weekend daw..."** Sagot ni Tita.

Pupunta nga sila. Galit kaya sya sakin? Gusto rin kaya nya ko'ng makita? Sa totoo lang nami-miss ko na rin si Lola.

*Natatakot nga lang ako sa sasabihin nya.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 48

**Sacrifice**

***Jay-jay's POV***

**"Anu na? Wala pa rin?"** Tanung kay Keifer.

Hindi sumagot ang luko. Ilang araw na ko'ng naghihintay sa plano ni Keifer para mahuli yung salarin.

Kayalang hangang ngayon, *Nganga!* Naghihintay ako sa wala. Naiinis na ko. Feeling ko hindi na babalik sa dati si Ci-N.

Nabubulok na rin yung pera sa bag ko. Natutukso na nga ako'ng gastusin eh. Kayalang agad pumapasok sa isip ko si Ci.

**"Alam mo kung wala ka talaga'ng plano, sabihin mo nalang."**

**"Tss."**

*Pisti!*

Aanhin ko '*Tss*' nya? Buti sana kung may pakinabang yan.

**"Naku naman!"** Sabi ko at nilayasan sya.

Bumalik ako sa room para tignan si Ci-N. Para'ng lalu sya'ng lumala ngayon. Ayaw na makipag-usap sa iba.

**"Jay.. Wala talaga."** Sabi sakin ni Eren.

Nanghingi na kasi ako ng tulong sakanila para maibalik si Ci-N sa dati. Kayalang, malapit-lapit na sila'ng sumuko.

*Kainis!*

Hindi ko kaya'ng maupo lang dito at pagmasdan si Ci-N. Desidido na ko! Gagawin ko na yung una'ng plano ko.

Kinuha ko yung pera sa bag at mabilis na naglakad palabas ng room. Nakita pa ko ni Keifer pero hindi ko na hinintay ang sasabihin nya.

Sa main building ang destinasyon ko. Pero malayo pa nakita ko na yung grupo ni Aries na papunta'ng cafeteria.

*Bawal sa Cafeteria ang E!*

Baka kung anu'ng iparusa sakin kapag nagpunta ako don. Pero kailangan ko talaga'ng gawin to!

*Bahala na si Batman!*

Dumiretso na ko sa cafeteria. Pagpasok, agad na tumahimik ang mga tao don. *La ko'ng paki sa inyo!*

Lumapit ako sa lamesa nila Aries at pare-pareho sila'ng tumigil at tumingin sakin.

**"Bawal ang E dito!"** Bungad sakin ni Freya.

Pero nakay Mykel ang atensyon ko. Ibinato ko yung kumpol ng pera sa kanya.

**"What the----"** hindi ko na sya pinatapos.

**"Yan ang pera'ng binigay mo dun sa babae!"**

**"Why are you giving it back to me?"** Tanung ni Mykel.

**"Baka nakonsensya kaya isinoli na ni Ci-N."** Singit naman ni Freya.

**"Hindi. Hindi si Ci-N ang nag-nakaw nyan... Ako!"**

Aries chuckled. **"Trying to be a Hero again for Section E?"** He then cross his arm.

**"Jay... Wag mong gawin to. Si Ci-N ang tinuturo nung babae."** Sabi ni Kiko.

*Pati ba naman ikaw?*

**"Pero hindi nya nakita na kinuha talaga ni Ci-N! Dahil ako kumuha nun at inabot ko kay Ci yung bag! Hindi ko nga lang alam na hindi nya napansin na ako yung nag-abot sa kanya!"** Paliwanag ko.

Tanggapin nyo ang explanation ko. Mga pisti kayo!

**"Panu mo nalaman na may pera sa bag?"** Diretso'ng tanung ni Aries.

*Ay shit!*

**"N-narinig ko'ng pinag-uusapan nila ng boyfriend nya!"**

Kaya ko to. Gawa lang ng kwento baka makalusot. Para kay Ci-N!

**"Bakit mo kinuha? Eh kaya ka nama'ng bigyan ni Kuya."** Tanung ulit ni Aries.

Manu'ng tumahimik nalang. Bakit ba nakiki-alam pa to? Hinuhuli talaga nya ko.

**"Nahiya na ko kay Kuya! At natakam ako dun sa pera!"** Medyo tumataas ang tono ko.

*Umayos ka Jay!*

**"You sound defensive."** Sabi ni Freya.

Dapat sa isang to hindi na nagsasalita. Wala nama'ng saysay yung mga sinasabi nya. Nang-iinis lang ata!

**"How much is the money?"** Tanung ni Mykel. **"..Yung ninakaw mo."**

**"20,000."** mabilis ko'ng sagot.

**"But this one is 25,000..."** Sabi ulit ni Mykel habang winawagayway ang pera.

**"K-kasi 25,000 yung binigay mo sa babae! Ayoko'ng magka-utang na loob sayo!"**

Mykel smirked.

**"Kung gusto mo talaga... Then fine, ikaw na nagnakaw!"** Sabi ni Aries.

**"Talaga!"** Mayabang ko'ng sabi at agad na umalis ng cafeteria.

Babalik na ko sa room. Kailangan ko'ng mag-isip ng sasabihin kay Ci-N. Mga dahilan at paliwanag.

Pagpasok ko sa room. Mga nagkukumpulan sila at hawak hawak ang mga cellphone. Pare-pareho sila'ng tumingin sakin.

**"What were you thinking?!"** Galit na sabi ni Keifer.

**"B-bakit?"**

**"Naka-live ka sa facebook."** Sabi ni David at hinarap sakin ang phone nya.

*Putakte!*

Sa posisyon ko, nakaharap ako sa nagvi-video. Account ni Freya yung nag-post. *Bruha talaga!*

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Hindi ko ini-expect to. Pero dapat maging handa ako, ginusto ko to.

**"Bakit mo ginawa yun Jay? Pinahamak mo yung sarili mo."** Nag-aalalang tanung ni Ci-N.

Ngumiti ako sa kanya. **"Gusto ko kasi'ng bumalik kana sa dati."**

**"Pero panu kana? Anu nalang sasabihin sayo ng mg tao?"**

**"Wala ako'ng paki sa kanila. Ako pa! Kaya ko to!"** *Kakayanin ko.*

Higit pa dito ang mga naranasan ko. Wala ako'ng paki kahit anu'ng sabihin nila.

Alam kong pwede ako'ng malintikan sa ginawa ko. Pupunta pa naman sila Lola. Hindi malabo'ng hindi nila malaman. Ihahanda ko nalang yung sarili ko sa sasabihin nila.

**"Salamat Jay.."** sabi ni Ci at ngumiti sya sakin.

Ngumiti din ako sa kanya. Ngiti'ng nagsasabi na okay lang ako.

*Sa ngayon...*

+++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"I got thousands of views and comments."** Pagyayabang ni Freya.

**"Bakit kailangan nyo pa'ng i-post?"** Iritable'ng tanung ni Kiko.

*Concern?*

**"She need to learn a lesson. Na ang pakiki-alam ay may malaki'ng kabayaran."** Mykel said.

I wanted to complain about what they did. Buti sana kung buong school lang ang makakakita nun. Pero pati ibang tao. Malamang nakarating na rin to kay Kuya.

Pero may point din naman sila. Kailangan matuto ni Jay na tigilan ang pakiki-alam.

**"Papa-suspend ba natin si Jay? Nag-punta sya'ng cafeteria kahit bawal."** Tanung ni Mykel.

**"Wag na. Para na rin sya'ng mapaparusahan sa mararanasan nya."**

**"What the fvck?!"** Freya suddenly cursed. **"..Someone deleted the video!"**

**"You deleted it?!"** Galit na tanung ni Mykel.

Freya rolled her eyes. **"Someone nga daba?"** She sarcastically said.

**"But it's your account! No one can deleted except you!"** Sagot ni Mykel.

**"Unless, it was hacked."** I said boringly.

Freya suddenly got scared and immediately type something on her phone.

**"Karma yan..."** Kiko murmured.

One of this days, I will to talk to this guy and clear things about Jay.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"Successfully deleted!"** Edrix announce.

Napaka-galing talaga ng tao'ng to sa computer works. We're lucky to have him here with us.

**"Malamang naghi-histerical na si Freya ngayon."** Yuri said.

**"Okay na ba si Ci-N?"** I ask them.

**"Medyo okay na sya. Pero nag-alala pa rin kay Jay."** Kit answer.

**"Do you have any plan? Hindi naman siguro natin hahayaan na dalin lahat ni Jay-jay ang problema."** Yuri said.

I look at him confusedly. Why do i smell something weird? Smell like, *worried* or *concern.*

**"I'll talk to Ci-N about that."** I answer shortly.

**"Hahaha.. Freya is trying to get her account back."** Edrix said while laughing.

**"Ibalik mo na... Baka umiyak pa yun."** Pang-aasar ni Kit.

**"Should i?"** Pang-hihingi ng permiso ni Edrix sakin.

I just nod. Wala naman na ko'ng gagawin sa account nya. Hindi naman kagandahan ang pagmumuka nya para pagmasdan ko pa.

Puro kaartihan lang din nya ang makikita ko dun.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Okay na si Ci-N. Hindi pa naman totally pero nakakausap na namin sya. Nakakangiti na rin sya kahit papanu.

Naglalakad na kami palabas ng school. Inihanda ko na ang sarili ko dito.

"*Sya pala talaga, hindi si Ci-N.*"

"*Hindi na nahiya. Ginamit nya si Ci.*"

"*I feel sorry for Ci-N.*"

"*Dapat dyan ine-expelled.*"

Nag-kuyom ang kamao ko. Akala ko handa na ko. Pero hindi ko maiwasa'ng hindi mainis.

**"Okay ka lang Jay?"** Tanung sakin ni David.

Ngumiti lang ako bilang sagot.

Naghiwa-hiwalay na kami paglabas ng gate. May pupuntahan pa daw kasi sila bago umuwi kaya hindi na nila ko maihahatid.

Dumaan mo na ko sa Mini Mart. Gusto ko kasi bg Ice cream. Bawas bigat ng loob.

**"Welcome to Mini Mart!"** Bungad sakin nung cashier.

Ngumiti lang ako sa kanya at dumiretso sa Ref para kumuha ng ice cream.

Bumalik ako agad sa cashier pagka-kuha ng gusto ko. Panay ang sulyap sakin nung kahera habang pina-punch yung binili ko.

**"98.50 po.."** sabi nya.

Binigay ko yung bayad. Akmang aalis na ko ng pigilan ako ng kahera.

**"Miss... Kung okay lang po. Pwede'ng silipin yung bag nyo?"** Sabi nya sakin.

Taka ko sya'ng tinignan. **"Para saan?"**

**"Ah... K-kasi po..."**

Muka'ng alam ko na yung dahilan. Kasama to sa ginawa ko kaya dapat niready ko narin yung sarili ko sa mga ganito.

**"Kung hindi ako pumayag anung gagawin mo?"** Paghahamon ko.

**"Miss.. P-para lang po sana----"**

**"May CCTV camera kayo di ba? Bakit hindi mo tignan?"**

Sandali sya'ng humarap sa computer nya at pinanuod yung CCTV footage. Humarap sya sakin.

**"S-sorry po Miss."**

Tinignan ko sya ng diretso sa mga mata. **"Payong kaibigan----kahit hindi kita kaibigan at hindi rin kita gugustuhi'ng maging kaibigan. Wag kang judgemental, siguro napanuod mo yung video pero wala ka don para malaman ang buong pangyayari."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Para kasi'ng maiiyak na ko. Ngayon alam ko na yung nararamdaman ni Ci-N.

Isa palang to. Panu kung buong school na? Baka hindi ko kayanin.

Pero okay lang... Okay lang ako at lahat ng ito.

**Author's Note:** Si Ci-N Peralta me'loves.... 😍😚

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 49

**Family**

***Jay-jay's POV***

Para ako'ng bata'ng kinakagalitan ng magulang. Well... Bata pa naman ako at kinakagalitan din, hindi nga lang ng sarili ko'ng magulang.

**"Anu na naman ba'ng pumasok sa isip mo?"** Tanung sakin ni Kuya Angelo.

Kaharap sila Tita Gema at Tito Julz andito rin si Aries. Hindi ako makapag-salita. Hindi ko masabi yung totoo. Baka kasi kuhanan din ni Aries at i-post. Sayang effort ko pagnagkataon.

**"Sumagot ka!"** Galit na si Kuya.

**"Kasi..."**

**"Jay... Kung pera lang ang kailangan mo, hindi problema samin yun."** Singit ni Tita Gema sa usapan.

Nakayuko lang ako at hindi sumasagot sa kanila. Alam ko nama'ng malalaman din nila to. Handa naman ako sa sasabihin nila.

**"Angelo, hayaan mo muna sya. Baka hindi pa sya handa'ng magsalita."** Sabi ni Tito Julz.

Umalis si Aries kasunod si Tito Julz. Sumunod din si Tita Gema pero nagpa-iwan si Kuya.

**"Ikaw ba magsasabi ng totoo o sa iba ko pa malalaman?"**

Hindi pa rin ako makasagot. Kasi nga! Nakakatakot sya makatingin. Pailalim!

**"Ok fine!"** Sabi ni Kuya.

Akala ko suko na. Kinuha nya yung phone nya sa bulsa at may tinype. Muka'ng meron sya'ng tinatawagan.

**"Hello Keifer..."** Panimula na.

*Pull Tank!* Si Keifer talaga dapat ang tawagan?

**"I know this is out of blue. I just want to know.... Yeah.... Can you explain it to me?"**

Habang nakikinig sa paliwanag ni Keifer, nasa akin pa rin ang tingin nya.

**"Ok... No. That's all."** Sabi ni Kuya at binaba na yung phone nya.

May ilang minuto din sya'ng tahimik na parang nag-iisip bago magsalita.

**"Palalagpasin ko to... Pero sana wag mo na ulutin. Hindi ka bayani."**

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya. Muka'ng napaliwanag naman lahat ni Keifer sakanya yung gusto nya malaman.

May narinig kami'ng busina galing sa labas ng bahay. *Sila Lola!*

Mabilis na naglakad si Kuya para salubungin ang bisita. Samantalang ako dahan-dahan lang at nagtago muna sa gilid kung saan hindi ako agad makikita.

**"Lola!"** Tawag ni Aries kay Lola.

*Buti pa sya kaya'ng batiin ng buong galak si Lola.*

**"Kamusta Apo?!"** Balik na bati ni Lola sabay yakap.

**"Nay!"** Si Tita Gema naman ang yumakap sa kanya.

Kasunod na ni Lola si Tita Jenny. Kapatid din ni Tita Gema. Sya ang laging kasama ni Lola nito'ng mga nakaraan dahil na rin siguro sa nangyari sa kanya.

**"Kamusta Gema?"** Bati ni Tita Jenny.

Agad na yumakap si Tita Gema dito. **"Ayos lang? Ang mga bata nasaan?"**

**"Andyan sa labas..."**

Mga pinsan nami'ng talipandas ang tinutukoy ni Tita Gema. Kambal sila at lagi nalang ako'ng inaaway dati.

*Kambal parusa!*

Lumabas si Aries para puntahan yung kambal.

**"Asan si Jay?"** Tanung ni Lola.

Lumapad ang tainga ko sa narinig. Nami-miss din kaya ako ni Lola?

**"Oo nga... Asan yang walang hiya'ng bata na yan?"** Irita'ng tanung ni Tita Jenny.

*Grabe sa walang hiya!*

Galit nga din pala sakin si Tita Jenny. Pabigat lang daw kasi ako at mana'ng mana sa Nanay ko.

**"Ahh... Nandyan po sa kwarto nya."** Sagot ni Kuya Angelo.

**"Siguro alam nyo na yung ginawa ng bata na yan?! Isinumbo'ng sakin nila Allan at Allen na may video daw yang si Jay! Umaamin na may ninakaw sya!"** Sabi ni Tita Jenny.

Nagtinginan lang si Kuya at Tita Gema.

**"May paliwanag naman siguro yung bata."** Pagtatanggol ni Lola.

*Ganun pa rin sya sakin.*

**"Nay! Wag nyo na ho'ng kampihan! Sinabi ko na ho sa inyo dati na ibalik nalang natin sya kay Jeana! Hayaan natin sya'ng mapirwisyo sa anak nya!"**

Napakagat ako sa ibaba'ng labi ko. Si Mama ang sinasabi nya. Sigurado naman ako'ng hindi papayag yun. Ayoko ring mapunta sa kanya.

Kahit Mama ko sya hindi rin ako komportable kapag malapit sya sakin. Hindi ko alam kung bakit.

Bumalik ako sa kwarto ko. Isinara ko yung pinto at naupo sa dulo ng kama. Gusto ko sana'ng kamustahin si Lola kayalang hindi ako makalapit sa kanya kapag andyan si Tita Jenny.

*Hay...*

Kesa mabaun ako sa masasakit na salita'ng bibitiwan ni Tita. Aalis nalang muna ko siguro.

Pumunta ako sa banyo at mabilis na naligo. Sa labas na muna ko. Bahala na kung saan dalin ng mga paa ko.

Nagbihis ako at nag-ayos ng gamit. Hindi ko rin kinalimutan ang phone ko.

Paglabas nasalubong ko si Tita Gema.

**"May lakad ka?"** Tanung nya sakin.

**"Uhmmm.. Pupunta po ako sa classmate ko. M-may report po kasi kami'ng gagawin."** Palusot ko.

Tumango-tango si Tita Gema. **"S-sige... Umuwi ka nalang ng maaga para makasama ka namin sa hapunan."**

Ngumiti naman ako at nag-nod. Dumiretso ako sa Sala kung nasan sila Lola.

Nag-alangan pa ko'ng lumapit sa kanya nung una pero ngumiti sya sakin agad.

**"Aalis ka?"** Tanung sakin ni Lola habang nagma-mano ako sa kanya.

**"O-opo..."**

**"Sige.. Mag-ingat ka."**

Hindi na ko sumagot. Lumabas na ko agad. Sinadya ko'ng hindi mag-mano kay Tita Jenny. Alam ko nama'ng kung anu-anu lang sasabihin nya sakin.

Kinuha ko yung bike. Palabas na ko ng gate ng makita ako nung Kambal habang nakikipag-laro sila kay Aries.

**"Hoy! Jay! Aanu ka?!"** Tanung ni Allan.

**"Baka magb-bike! Wag tanga kambal!"** Sagot ni Allen.

*Tama ka dyan Allen.*

At ayun! Nag-away na sila. Tinignan lang ako ni Aries sandali. Wala ako'ng naging reaksyon sa kanya.

Sumakay nako sa bike at nagpidal. Iikutin ko na rin yung Village namin para maging pamilyar ako.

Naka-head set pa ko at nakikinig ng music. Masarap din kasi sa pakiramdam ang pakikinig ng music. Minsan relate, minsan may naiimagine sa mismong kanta.

May nakita ako'ng Cafe. Ngayon lang ako nakarating sa area na to kaya ngayon ko lang din nalaman na may ganito pala dito.

Meron sila'ng paradahan ng bike kaya dun ko na nilagay ang bike ko. Kaunti lang ang tao sa loob. Hindi rin kasi ako nakakapasok sa mga ganito, kaya gusto ko itry.

Sa dulo ako pumwesto. Para hindi masyado'ng kita ng mga pumapasok. Lalaki ang waiter nila na sya'ng lumapit sakin.

Inabot nya ang Menu at buong ngiti'ng hinintay ang order ko.

**"Strawberry shake nalang..."** Sabi ko.

Hindi ko kasi alam kung anu yung mga nakalagay sa menu. Nahihiya naman ako'ng magtanung. Baka isipin ngayon lang ako nakarating sa ganito.

Binalik ko na yung menu at umalis na yung lalaki'ng waiter.

Habang naghihintay, napansin ko yung grupo ng kababaihan na nagbubulungan at titingin sakin. Tinitigan ko sila ng masama.

Alam ko naman kung anu yang ginawa nila sakin. Sabi ko nga handa ako sa ganito. Lumapit yung waiter sa kanila dala yung order nila.

May binulong sila dito at parang nagulat pa yung waiter. Umalis din naman yung waiter sa harap nila.

Sakin naman sunod na lumapit nung waiter dala yung order ko.

**"Ahh... Miss."** Panimula nung waiter habang binababa yung order ko sa table.

Tinignan ko lang sya.

**"Pasensya na po... K-kailangan nyo na po k-kasing umalis dito."**

**"Ha?"**

**"Hindi po kasi komportable yung ibang customer na andito kayo. Pasensya na po talaga."**

Napayuko nalang ako. Grabe! Pati ba naman dito. Kumuha ako ng pera pambayad sa in-order ko.

**"Wag na po Miss. Libre ko na po sa inyo yan. Bilang pasensya na rin po sa ginagawa ko."** Sabi nung waiter at ngumiti sya sakin.

*Mabait din naman pala sya.*

**"S-salamat..."**

Inayos ko na ang gamit ko at tumayo. Kukuhanin ko na sana yung order ko ng may humawak sa kamay ko.

**"Y-yuri?"**

**"Stay here."** Sabi nya at humarap sa waiter. **"...Babayaran ko ang kinikita ng Cafe na to sa isang araw, doble pa kung gusto mo pati na rin sahod mo."**

**"S-sir?"**

**"But i want everbody to leave! Now!"** Sigaw ni Yuri.

Agad na nag-iba yung itsura nung mga babae'ng gusto ako'ng paalisin. Meron pa ko'ng narinig na nagmura pero wala naman silang magawa.

**"S-sige po.."** sagot nung waiter habang natataranta sa gagawin.

Binawi ko yung kamay ko mula sa pagkakahawak ni Yuri. **"Adik kaba?"**

**"No."** Mabilis nya'ng sagot.

Naupo sya sa bangko'ng katabi ng inuupuan ko kanina. Niligid ko yung paningin ko at wala na yung mga customer na tahimik na kumakain at umiinom ng kung anu kanina.

**"Kailangan talaga paalisin sila?"** Iritang tanung ko kay Yuri.

**"Hindi ako komportable na andito sila."** Bored nya'ng sagot.

*Ay wow!*

Lumapit samin yung waiter na halata'ng natataranta pa rin.

**"Menu."** Sabi ni Yuri.

Inabot naman yun ng waiter. Habang namimili tinitignan ko lang sya. Parang wala lang sa kanya yung ginawa nya.

*Ganun yata talaga kapag si Yuri ka.*

**"Bigyan mo ko nito at nito... And this one also."** Sabi ni Yuri dun sa waiter.

Binalik na nya yung menu at nagmamadali ang waiter sa pagkuha ng order nya.

**"Tatayo ka nalang ba dyan?"** Tanung nya sakin.

Hindi ko naiintindihan tong trip ni Yuri pero bumalik ako dun sa pwesto ko kanina at nilaklak yung shake na order ko. Medyo tunaw na nga eh.

*Ang weird talaga nitong si Yuri parang si Keifer kumag lang.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 50

**Beat**

***Yuri's POV***

Tahimik lang sya at ako. I'm still waiting for my order. Kanina pa ko dito. Nauna pa nga ako sa kanya.

I saw everything. Nainis lang talaga ko sa mga babae na yun. Feeling nila VIP sila at may karapatang manghusga.

Kasalanan din naman ni Jay. Kung hindi sya gumawa ng hakbang na parang hindi nag-iisip hindi mangyayari to.

**"Woi! Anu ba talagang trip mo?"** Tanung nya sakin.

**"Wala."**

**"Sabog ka no?"**

*Sabog?* What does it mean? Saan ba nanggagaling yung mga sinasabi nya? Ang sabog na alam ko yung nage-explode.

**"What is *Sabog*?"**

**"Tumira ng droga o kaya tsongke."** Pasimple nyang sagot.

Tinignan ko sya ng masama. **"Hell no! Don't ever say that again! Baka may makarinig sayo, isipin adik nga ako! Ipapatay nalang ako dyan sa labas!"**

Bigla nalang sya tumawa. **"Hahahaha.. Hindi ka OA."**

**"Tss."**

Dumating ang order ko. Cafe Amerikano and three different flavored of muffins for us.

**"Eat."** I said and push the plate toward Jay.

Kahit nagtataka tinanggap naman nya. Suddenly the background music from the cafe change. Pero nakay Jay-jay pa rin ang atensyon ko.

*Hey, I was doing just fine before i met you*
*I drink too much and that's an issue*
*But i'm OK*
*Hey, You tell your friends it was nice to meet them*
*But i hope i never see them*
*Again*

She look so innocent. A bit boyish but still look cute. Walang mababakas na problemang dinadala. And she's ready to fight for herself and for her friends. Not all girls can do that. Hindi rin sya masyadong maarte kagaya ng iba.

*I know it breaks your heart*
*Moved to a city in a broke-down car*
*And four years, no call*
*Now you're looking pretty in a hotel bar*
*And I, I, I, I, I can't stop*
*No I, I, I, I, I can't stop*

**"Why?"** I ask suddenly.

She look at me and stop eating. **"Huh?"**

**"Why did you do that for Ci-N?"**

She smile. A sweet smile. **"Nakakatawa... Pero parang kapatid ko na si Ci-N. At hindi kaya ng isang ate na makita ang kapatid nyang nahihirapan."**

I smile back. *Kakaiba!* Kakaiba sya sa lahat. She's ready to sacrifice everything for what she believe is right.

*So Baby pull me closer*
*In the backseat of your rover*
*That i know you can't afford*
*Bite that tattoo on your shoulder*
*Pull the sheet right at the corner*
*Of that mattress that stole*
*From your roommate back in Boulder*
*We ain't ever getting older*

**"Wala kabang kapatid at si Ci-N ang napagdiskitahan mo?"**

She stop and think. **"Sabi nila Tita meron daw akong Kuya pero pina-ampon na ni Mama sa iba. Hindi ko na sya nakilala."**

It sound bitter, like it was a pain to talk about her family. But she manage to give me a smile. Behind her smile, i knew she's sad. She's crying inside. I don't know why but i feel it. And i know that she need someone to listen to her. Maybe a shoulder to cry on.

*We ain't ever getting older*
*We ain't ever getting older*

**"Ikaw? Wala kang kapatid?"** She ask me.

*Turning the table.*

**"Meron. Nasa Japan kasama ng parents ko. Mas bata sya sakin. Maybe 8 or 7 years ang pagitan namin."** I explain.

She nodded then silent cover us. The music that I hear is not romantic, although Jay-jay likes it. I can see her mouthed the lyrics.

*You look as good as the day i met you*
*I forget just why i left you,*
*I was insane*

*Stay and play that Blink-182 song*
*That we beat to death in Tucson,*
*OK*

I can't help but stare. Stare at her eyes, nose, lips and every corner of her face.

*I know i breaks your heart*
*Moved to a city in a broke-down car*
*And four years, no call*
*Now i'm looking pretty in a hotel bar*
*And I, I, I, I, I can't stop*
*No I, I, I, I, I can't stop*

The beats are great from the music and for some reason. My mouth move automatically like i really do know the song.

**"*So Baby pull me closer. In the backseat of your rover. That i know you can't afford...*"** She look at me and smile again. **"*...Bite that tattoo on your shoulder. Pull the sheet right at the corner. Of that mattress that stole. From your roommate back in Boulder. We ain't ever getting older.*"**

I like her smile. Karinawang ngiti lang yun na binibigay nya sa pang araw-araw, but I found it special. I really love to see that smile from her everyday.

*We ain't ever getting older*
*We ain't ever getting older*

I'm not supposed to feel this. I'm still confuse. All this time, i knew Ella is still the girl that i love. But fvck, i will no longer deny it.

*I'm starting to feel something for Jay.*

**"Closer."** She said.

**"Hm?"**

**"Title nung kanta. Closer."**

I just nodded like i'm really interested.

Pero bakit sya? Bakit sya pa? Sya na may koneksyon sa taong kinamumuhian ni Keifer.

*Napaglalaruan ba ako? Bakit kailangang ganito?*

Gagamitin lang sya ni Keifer. I don't know how, but i don't want to see it neither imagine it. Parang hindi ko kaya na makitang umiiyak si Jay-jay.

But Keifer is my friend. Kapag sinuway ko sya parang nagsimula na naman ako ng panibagong hidwaan sa pagitan namin at baka hindi na nya ko patawarin sa pagkakataon na to.

**"Okay ka lang?"** Jay suddenly ask and get me back to reality.

**"Y-yeah..."**

Inilapit ko sa kanya yung dalawa pang platito na may muffin. I'm not going to eat it anyway.

*I don't like muffin.*

**"Ayaw mo ba?"** She ask. I shoked my head. **"Sana hindi mo na in-order."**

Kinuha nya yung muffin at pilit inubos. Para syang bata kumain, but she look so enjoy. *Takaw!*

**"Jay..."** I started. **"...Nagka-boyfriend kana ba?"**

*What the hell? Did i just ask about*----

**"Meron."** She answer quickly.

**"Really?"**

She arched a brow. **"Para namang napaka-panget ko at hindi ko keri magka-jowa."**

**"Sorry... Hindi yun. What i mean is----"**

**"Meron nga! Dalawa!"**

**"What h-happen? Why did you broked up?"** I ask sound so interested.

*Bakit ba napunta sa lovelife nya yung usapan?*

**"Yung first boyfie ko... Bading talaga sya. Yung ikalawa----"** she suddenly stop like she realize something. **"...N-nasa ospital. Comatose."**

**"Why?"**

**"H-hindi ko na maalala. Wag na nating pag-usapan."** She force a smile. **"..Ikaw? Love life? M-magkwento ka."**

*Turning the table again.*

**"I never had a serious past relationship. Althought... I fall inlove before but she don't loved me back."**

**"Si Ella ba?"** She suddenly ask.

I look at her confusely, napansin nya yun at agad na tinakpan ang bibig nya. Pero hindi na ko nagtataka kung panu nya nalaman.

*May tainga ang lupa, may pakpak ang balita.*

**"S-sorry..."** She apologize and bite her lower lips.

**"It's okay. Past is past."**

Bakit parang hindi na ko apektado ng issue namin ni Ella?

We talk about many things. Most of it are about me. Hinihintay kong kusang magsalita si Jay tungkol sa pamilya nya pero hindi nya ginawa.

Until we both get tired and Jay decided to go home. Binayaran ko na yung waiter kagaya ng pinangako ko.

*Yari ako kay Tanda nito.*

**"Bike lang gamit mo?"** I ask her habang kinukuha nya yung bike nya.

**"Oo.. alangan namang maglakad ako."**

I like her bike. Mahilig din kasi akong magbike pero hindi ko magawa. Malalaki kasi ang sasakyan na umaarangkada sa labas ng building namin.

Ang yayabang nila. Feeling para sa kanila yung ginawang daan. It's for our building, stupid!

**"Hatid na kita."** I offer.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Pisti tong Yuri na to. Akala ko ihahatid nya ko ng naka-kotse kaya pilit akong tumanggi.

Inihatid ako ng bike lang ang gamit. Ngawi't na ngawi't na ko sa pwesto ko.

**"Wag ka ngang malikot!"** Sabi nya.

**"Nangangawit na nga ako!"** Reklamo ko.

**"Bibilisan ko nalang para maka-uwi kana."** Sabi nya at mas binilisan pa.

Naka-upo ako sa body ng bike. Samantalang sya sa bangkuan. Medyo nakayuko sya kaya naka-yuko din ako. Mas nahirapan tuloy ako.

*Sakit sa likod.*

Pilit kong inabot yung likod ko para himasin. Nakakaramdam na kasi ako ng kiro't dahil sa sobrang ngawit.

**"Hey! Wag ka sabing malikot!"** Pagbabawal nya at nag-umpisang gumewang ang bike.

**"T-teka lang... Masakit na likod ko!"**

**"Nasa village nyo na tayo... Makakauwi kana! Dun mo nala----aaarrrrggggghhhhh!"**

**"Aaaaahhhhhhh!"** Sigaw ko.

Halos sabay ang naging sigaw namin dahil sa lakas ng pagkakatilapon namin sa bike. Hindi ko napansin yung nangyari basta bigla nalang gumewang at tuluyang tumumba yung bike.

Naupo ako sa sahig. Mahapdi kasi yung tuhod ko at kumikirot. Tinignan ko yun at *shit!*

Ang laki ng gasgas. May lumalabas ng dugo.

*Dugo!*

Ayoko! Hindi! Baka mangyari na naman! Anu gagawin ko?!

Kinuha ko yung bag ko at naghalungkat ng kung anu. Yung pwedeng ipangtakip or ipunas. Halos isabog ko na sa daan yung mga gamit ko.

**"Shit! May sugat ka!"** Sigaw ni Yuri at tarantang kumuha ng kung anu sa bulsa nya.

Pareho na kaming natataranta. Hangang sa nakakuha sya ng panyo at itinali sa tuhod ko.

**"Likot mo kasi! Yan tuloy!"**

*Sisihin daw ba ko.* Abnormal talaga!

Tinignan nya yung bike at pilit itinayo. Mukang okay pa naman. Wala naman akong nakikitang diperensya.

**"Lakad nalang tayo... Malapit na yung bahay namin dito."** Sabi ko at pilit tumayo.

Yun nga lang hindi ko mailakad ng maayos yung kanang binti ko dahil sa sugat.

Bigla nalang naupo si Yuri sa harap ko at tinap ang braso nya. **"Sakay! Bilis!"**

*Lah! Buti kung kayanin nya ko.*

**"Hindi na! Lalakad----"**

**"Sakay na! Dami pang arte!"**

*Grabe to!* Nagpapaksakay nalang sya pa galit. Sumakay ako kagaya ng gusto nya. Obvious naman na nabigatan sya sakin dahil halos hindi na makatayo.

**"Ugh!"** Sabi ng makatayo ng tuluyan.

Hawak ng isang kamay nya nung bike samantalang yung isa nakapalupot sa binti ko.

Hindi naman ganun kalayo yung bahay sa pinanggalingan namin kaya hindi na kailangang magtiis ni Yuri sa bigat ko.

**"Dito! Dito!"** Sabi ko habang nakaturo sa gate ng bahay.

Akala ko ibaba na nya ko pero bigla syang pumasok sa gate at pinarada yung bike.

**"Baba na ko!"** Sabi ko pero pinalupot lang ni Yuri yung isang braso nya sa kabilang binti ko.

Naglakad sya palapit sa pinto at huminto sa mismong tapat. Si Kuya Angelo ang unang nakita samin at agad na nagsalubong ang kilay nya.

**"Y-yuri?"** Sabi ni Kuya.

*Kilala nga pala nya si Yuri.* Hindi ko pa nga lang natatanung kung panu.

Biglang lumabas si Lola at sila Tita mula sa kusina at agad na napatigil ng makita kami.

**"Jay! Bumaba ka nga dyan! Mahiya ka sa kasama mo!"** Utos ni Lola.

**"Ayaw nya ko ibaba.."** sumbong ko.

**"May first aid kit po kayo?"** Tanung ni Yuri.

Kahit medyo gulat tumango lang si Tita at agad na kinuha yung first aid kit.

Tuloy-tuloy na pumasok si Yuri at ibinaba ako sa sofa.

*Wow! Feel at home!*

Bumalik si Tita at agad na inabot ni ang First Aid Kit kay Yuri.

**"Ui! Ako na!"** Pagpipilit ko.

Pero hindi nagpatinag ang Yuri. Tinanggal nya yung panyong binalot nya sa tuhod ko.

Napaiwas nalang ako ng tingin ng makitang puro dugo. Baka mangyari na naman ulit yun. Mabuti ng mag-ingat.

**"Jay... Sya ba boyfriend mo?"** Tanung ni Lola na nagpatigil saming lahat.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 51

**Author's Note:** Sorry po sa late update... Ginabi na po kasi ako sa trabaho-----taray!

Baka po friday na yung next update. Busy na po kasi sa work. Pero itutuloy ko po itong story na to, don't cha worry!

Nakita nyo na si Ci-N Peralta sa Chapter 48? Nasa dulo yung picture nya. Comment naman jan!

**Boyfriend**

***Jay-jay's POV***

Hala! Nakakabigla magtanung tong si Lola. Boyfriend talaga?!

**"Hindi nya po boyfriend yan."** Sagot ni Kuya Angelo sa sinabi ni Lola.

**"Manliligaw?"** Tanung ulit ni Lola.

**"H-hindi po La. Classmate ko po sya."** Sagot ko.

**"Ahh.. sya ba kasama mo sa pag-gawa ng report? Sabi kasi ni Tita mo sakin gagawa daw kayong report."** Tanung ni Lola.

Tinignan ako ni Yuri na parang nagsasabi na '*anu ibig sabihin nun?*'. Gusto kong tumanggi kayalang magtataka sila kung bakit kami magkasama.

Tipid na tango nalang ang sinagot ko. Napansin kong kakaiba yung tingin sakin ni Tita Jenny. Para bang meron syang gustong sabihin.

Tumayo si Yuri at niligpit yung first iad kit.

**"Okay na..."** Sabi nya at binalik kay Tita Gema yun. **"...Salamat po."**

Bigla nalang pumasok si Aries kasama nung kambal at agad na tinignan ng masama si Yuri.

**"What are you doing here?!"** Galit na tanung ni Aries.

**"None of your business."** Bored na sagot ni Yuri. Muli syang humarap sakin. **"..I'll go ahead. Ako nalang bahalang mag-print sa report na 'tin."**

*Report na 'tin?*

Ang galing! Sinakyan nya yung kasinungalingan ko kahit hindi naman nya naiintindihan yun. Life saver ka Yuri!

**"Iho! Wag ka munang umalis!"** Pigil ni Lola.

*Lola naman ih! Aalis na nga ih!*

**"La! Yaan nyo po sya. Hindi sya welcome dito."** Sabi ni Aries.

Malakas na palatok ang nakuha nya galing kay Lola. Kahit kami nila Tita nabigla. Napaatras naman yung kambal.

**"Wag kang bastos! Bisita yan ni Jay!"** Sigaw ni Lola sa kanya. Humarap sya ulit kay Yuri. **"..Dito kana maghapunan."**

**"S-sige po."**

Mukang napilitan. Pwede ring natakot dahil sa lakas ng palatok ni Lola kay Aries.

Pumunta ako sa kwarto ko para magbihis. Madumi na din kasi ang damit ko. Pagkatapos magbihis, inayos ko na yung mga gamit ko sa bag at bigla nalang pumasok si Tita Jenny.

Sinara nya yung pinto at tinignan ako ng masama. **"Buntis kana? O mabubuntis pa lang?"**

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. **"Ha?"**

**"Alam kong mauuwi ka lang sa pag-aasawa ng maaga! Kaya aminin mo na kung buntis ka o magpapabuntis pa lang sa lalaki na yun!"**

**"Naka-droga ba kayo?"**

**"Wag mo ngang ibahin yung usapan!"**

**"Hindi ho! Hindi ako magpapabuntis!"** Iritang sagot ko sa kanya.

Naluto na ata ang utak ni Tita Jenny. O kaya kinain ng sistema. Porke wala akong nagawang matino mag-aasawa nalang?

**"Siguraduhin mo lang! Mahiya ka kila Gema! Pinapakain ka at pinag-aaral tapos papabuntis ka lang."** Sabi nya at lumabas na ng kwarto.

*Aning!*

Lumabas na rin ako ng kwarto. Naabutan ko si Yuri na nakaupo sa Sofa at ini-interview ng kambal. Samantalang naka-bantay lang si Aries sa kanila.

**"Hindi ka talaga boyfriend ni Jay?"** Tanung ni Allan.

**"Kambal... Unlimited kaba? Paulit-ulit ka eh!"** Pambabara ni Allen.

Agad na nag-away ang dalawa. Pinanood lang naman sila ni Yuri. Hayaan daw bang mag-away.

Agad syang lumapit sakin ng makita nya ko. **"Ganyan ba talaga sila?"**

Tumango lang ako.

**"Mukang ayaw sakin ng Tito mo."**

Nakaharap na nya si Tito Julz? Anu kayang pinag-usapan nila.

**"Anu sabi sayo?"**

He chuckled. **"Hindi kapa daw pwedeng magka-boyfriend."**

Bigla nalang ako natawa. Mukang napasama pa yung pagpapahatid ko kay Yuri. Halos lahat iniisip na boyfriend ko sya.

*Hanep yan!*

**"Nakahain na ang hapunan. Sa dining na..."** Sabi ni Kuya sabay turo sa dining.

Nauna sila Aries at Kambal. Sumabay naman sakin si Yuri. Sila Lola at Tita Gema ang nagaasikaso sa lahat.

Naupo na kami at pumwesto. Sa kaliwang side ko si Yuri tapos si Aries naman sa kanan. Kaya kung may laser lang ang mata nitong si Aries ako ang unang tatamaan bago si Yuri.

*Grabe makatitig!*

**"Yuri... Kanino ka nga pa lang anak?"** Tanung ni Tito Julz.

**"My parents are Yumori and Yakito Hanamitchi."** Kasuwal na sagot ni Yuri.

Para syang nililitis sa pagsagot nya O kaya naman job interview.

**"Sya yung Apo ni Yuori Hanamitchi. Yung mayari ng kumpanyang nililigawan namin."** Singit ni Kuya Angelo sa usapan.

**"Really? Kamusta pala ang Lolo mo?"** Tanung ulit ni Tito.

**"Nasa Japan po sya ngayon."**

Habang patuloy sa pag-uusap sila Tito at Yuri. Nilagyan ko ng pagkain yung plato nya. Sobrang busy sa pagsagot sa mga tanung ni Tito, nawala na yata sa isip nya na kakain muna kami.

**"Pagkatapos kumain, paalisin mo na yang bisita mo."** Bulong sakin ng Aries.

Inirapan ko nalang sya. Palibhasa kasi magka-away kaya hindi mapakali itong isa.

Nagawa ng kumain ni Yuri. Mukang nagsawa na si Tito sa pagtatanung sa kanya.

**"Jay.."** tawag sakin ni Yuri. **"..Can i have that?"** Sabi nya sabay turo sa green peace na naipon sa gilid ng plato ko.

Ayoko kasi ng green peace. Basta ayoko lang kaya iniipon ko sa gilid ng plato.

**"Edi ayan kunin mo."** Sabi ko at inalapit ang plato sa kanya.

Nakangiti naman ang Yuri na kinuha ang mga green peace. Tinignan ko yung plato nya. Yung patatas hindi nya ginagalaw.

**"Akin nalang yung patatas."**

Nilapit ni Yuri ang plato nya sakin. **"Kunin mo."**

Kinuha ko naman lahat ng patatas sa plato nya. Magkakasundo pala kami nito. Ayaw nya ng patatas, gusto ko naman. Ayaw ko ng green peace, gusto naman nya.

**"Yuri! Kaano-ano mo si Sakuragi?"** Tanung ni Allan.

As usual si Allen na ang sumagot. **"Hindi tao si Sakuragi. Wag tanga kambal."**

At syempre nag-away na sila. Hindi nalang namin sila pinansin. Lagi namang ganyan yang mga yan. Kapag nag-sawa na silang awayin ang isa't isa, ako naman ang pupuntiryahin nila.

Tapos na kaming kumain. Nagliligpit na kami ng pinag-kainan. Tutulong sana si Yuri pero binawalan sya ni Lola. Maghintay nalang daw sya sa Sala.

Pagkatapos kong tumulong kila Lola sinundan ko si Yuri sa Sala. Nakita ko silang nag-uusap ni Kuya Angelo at parang seryosong seryoso.

**"Anong pinag-uusapan nyo?"** Tanung ko sa kanila.

Nagpilit ng ngiti si Kuya sakin. **"Wala."**

Humarap sakin si Yuri at ngumiti. **"I have to go."**

**"Hindi kana magpapa-alam kay Lola?"**

**"Hindi na siguro. Ipagpaalam mo nalang ako."** Sagot nya at ngumiti.

Nag-umpisa na syang maglakad palabas kaya sumunod ako sa kanya. Kahit hangang gate lang, ihahatid ko sya.

Huminto kami pareho paglagbas ng gate.

**"Please send my apologize to your grandma. Hindi na ko nakapag-paalam ng maayos."** Sabi nya.

**"Sige. Ingat ka and thank you dito."** Sabay turo sa tuhod kong ginamot nya.

**"Thank you din sa dinner."**

Ngumiti sya sakin kaya sinuklian ko yun. Pumasok na ko sa loob at hinayaan syang makaalis.

Mabait naman pala talaga si Yuri. Mukang mali talaga ako na magka-ugali sila ni Keifer. Baka naman nahahawa lang 'tong si Yuri sa ugali nung Hari ng ulupong.

Hindi imposible yun at lagi silang magkasama. Kung ako kay Yuri, lalayuan ko yung Keifer kumag na yun.

Pagpasok ko sa loob, kumpleto na silang lahat sa Sala.

**"Umalis na si Yuri?"** Tanung sakin ni Lola.

**"Opo. Salamat daw po sa dinner and sorry daw po kung hindi na sya nakapag-paalam."**

**"Ganun ba? Sayang naman."**

**"Sigurado kang hindi nanliligaw sayo yung Yuri na yon?"** Biglang tanung ni Tito Julz.

*Hala!*

**"H-hindi po Tito. Classmate ko lang talaga sya."**

**"Sigurado ka?"** Tanung ni Kuya.

*Ay kulit!*

**"Oo nga... Kulit!"**

Tinignan ako ng masama ni Kuya. Talaga namang makulit sila eh. Sinabi ng hindi, ayaw pang maniwala.

**"Wag nyo na kasing kulitin si Jay..."** Singit ni Tita Gema at humarap sya sakin. **"...Magpahinga kana. Bukas nalang tayo mag-usap."**

Tipid na tango lang ang sinagot ko. Naglakad na ko papuntang kwarto ko. Pagpasok ko sa loob hindi ko pa naisasara yung pinto ng bigla nalang pumasok yung kambal.

**"Anu ba?!"** Sita ko sa kanila.

Nahiga si Allen sa kama ko samantalang si Allan dumiretso sa closet ko.

**"Wag ka nga maki-alam ng gamit!"**

**"Sabi ni Mama, mag-aasawa kana daw."** Sabi ni Allen na nagpakunot ng noo ko.

**"Kasi daw, wala ka naman daw saysay kaya mauuwi ka lang sa pag-aasawa."** Dagdag ni Allan.

**"Kung wala kayong sasabihin na matino! Lumabas na kayo!"**

**"Meron pa! Ayaw mong maki-balita sa ex mo?"** Pang-aasar ni Allen.

**"Yung ex mong muntik ng mamatay ng dahil sayo."** Ngumiti si Allan na may halong pang-iinis.

**"Lumabas na kayo!"** Galit na utos ko.

**"Gising na daw sya! Hinahanap ka nga daw eh!"**

Parang konsensya na bumubulong sa utak ko yung boses nila. Paulit-ulit at halatang nang-iinis. Pakiramdam ko mababaliw ako kapag nagtagal pa sila sa harap ko.

**"Kambal!"** Tawag ni Aries na nasa pinto at nakatingin samin.

**"Meron lang kaming binalita kay Jay-jay."** Sagot ni Allan sa kanya.

**"Tapos na ba kayo?"** Tanung ni Aries.

**"Hindi pa sana..."** Pang-iinis ni Allen.

**"Umalis na kayo."** Utos ko at tinignan sila ng masama.

**"Edi umalis."** Sagot ni Allen at tumayo mula sa pagkakahiga.

Naglakad na sya palabas at ganun din si Allan. Bagot tuluyang makalabas muling humarap sakin si Allan at nagsalita.

**"Pinapasabi pala ng ex mo... Babalikan ka daw nya, hindi para maging kayo kundi para gantihan ka."**

Agad ko syang tinulak palabas at isinara ang pinto. Nag-ngangalit ang ngipin ko. Nag-kuyom din ang kamao ko.

Hindi ko naman sinasadya yun eh. Hindi ko naman talaga maalala yung nangyari. Basta ang alam ko lang, nag-away kami. Pinagbuhatan nya ko ng kamay at may lumabas na dugo galing sa bibig ko.

Kagaya ng nangyari dati sa harap ni Aries at muntik ng maulit nung P.E. namin. Ganun din yung naramdaman ko.

*Anu ba kasi talagang nangyayari?*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 52

**Truth**

***Jay-jay's POV***

*Badtrip!* Hindi ko magamit yung bike ko. Akala ko walang diperensya nung tumumba kami sa bike. Pero nakita ni Tito Julz na may mali daw.

Ayun! Kalas kalas kapag may time. Naglalakad lang ako ngayon papasok. Tulog pa si Aries, sure akong pipilitin ni Tito or ni Kuya na isabay ako sa kanya.

*Parang ayoko ata!*

Ayokong sumabay sa kanya at ayoko ring pumasok. Kasi nagsasawa ako sa mga bulungan ng mga istudyante, halata namang pinaparinig. Kagaya ngayon.

"*Grabe! Kapal!*"

"*Yung bag nyo Guys*"

"*Magna!*"

Inirapan ko nalang sila. Wala ako sa mood ngayon. Hindi ako pinatulog ng mga pinagsasabi nila Kambal sakin.

Pagdating sa room. *Walang tao?!* Asan yung mga ulupong? Andito yung bag nung iba pero wala naman sila.

Binaba ko sandali yung bag ko at lumabas. Nakiramdama ako, sa hindi kalayuan may naririnig akong mga kalalakihan.

Hindi ako sigurado pero pakiramdam ko sila yun, kaya pumunta ako sa kabilang side ng building. Yung part na hindi namin nadadaanan.

Hindi nga ako nagkamali. Nasa likod sila ng puno at nagkakagulo. Meron din akong naririnig na boses ng babae. Lumapit ako para maki-usyoso.

**"Anung meron?"** Tanung ko sa isa sa kanila.

Parang nagulat tong kaharap ko na makita ako at pilit tinakpan yung nangyayari sa gitna.

**"Ikaw pala Jay... A-ang aga mo ata."** Sagot sakin ng pinagtanungan ko.

*Hm?*

Denzel ata pangalan nito. Next time talaga ililista ko na mga pangalan nila.

**"Anu bang nangyayari dyan?"** Pilit kong sinilip yung nasa likod nya. Pero panay nyang tinatakpan. **"..Sasapakin kita."** Banta ko.

Hindi pa rin sya nagpatinag.

**"TAMA NA!"** sigaw ng kung sinong babae.

Kinabahan ako bigla. Feeling ko may sinasaktan na babae sa gitna. Agad kong tinulak 'tong kaharap ko at nakipagsiksikan para makarating sa kinaroroonan ng boses.

Pero hindi sinasaktan na babae ang naabutan ko.

Si Ci-N meron syang binabanatan na lalaki. Hindi ko na makilala dahil sa dugo at pamamaga ng muka nung lalaki. Yung babaeng sumisigaw ng '*Tama na*', walang iba kundi si Imelda Maldita. Hawak sya nila Kit at pilit pinipigilan.

**"Ci! Anong ginagawa mo?!"** Sigaw ko na nagpatigil kay Ci-N at iba pa.

Hindi makasagot si Ci-N. Patingin-tingin sa mga kasama nya na parang nanghihingi ng tulong.

**"Pinapa-amin sila."** Bored na sagot ni Keifer habang naka-cross arm at nakasandal sa puno.

*Sila?*

Tinignan kong mabuti yung lalaking knock out na dahil sa panununtok ni Ci-N. Eto yung boyfriend ni Imelda Maldita. *Yung panis!*

**"Paaminin saan?"**

**"Sa ginawa nila kay Ci-N."** Sagot ulit ni Keifer.

**"Wala nga kaming aaminin! Tigilan nyo na yung boyfriend ko!"** Umiiyak na sabi ni Imelda.

Kahit naiinis ako sa kanya at gusto ko syang sampalin, nakaramdam parin ako ng awa.

Muling sinuntok ni Ci-N yung lalaki. Tumatalsik na yung dugo nito sa kung saan. Hindi na rin maidilat ang mata dahil sa pamamaga.

**"Ci-N! Itigil mo nga yan!"** Pag-awat ko.

Tumigil sya at tumingin sakin. Lumapit ako dun kay Imelda at pilit inalis yung kamay ni Kit na nakahawak sa kanya. Agad na kinuha ni Imelda ang pagkakataon at lumapit dun sa boyfriend nyang panis.

**"Di! Naririnig mo ba ko?"** Sabi ni Imelda.

Lumapit sakin si Keifer. **"Anong ginagawa mo?"**

**"Hindi ba kayo naaawa sa kanila? Wala ng makita yung isa sa pamamaga ng mata."**

**"Pinapa-amin nga diba?"**

**"Panu kung wala namang dapat aminin?"**

**"Aamin na kami!"** Sigaw ni Imelda.

Pareho kaming napatingin ni Keifer sa kanya.

*Meron palang aaminin, kala ko wala.*

**"Inutusan lang kami para gawin yun sa kanya.."** sabay turo kay Ci-N. **"..Marami syang pinangako kaya ginawa namin."**

**"S-sinong nag-utos sa inyo?"** Tanung ko.

Umiling si Imelda. **"Hindi ko pwedeng sabihin."**

Napahawak ako sa sarili kong noo. Sinabi na nga nya yung totoo, anu ba naman yung ituro nya yung nag-utos. Kaunting kembot nalang eh!

**"Hindi mo sasabihin?"** Tanung ni Keifer. Hindi sumagot si Imelda. **"..Ci! Hawakan mo sya! Ako sasapak sa boyfriend nya!"**

Agad na hinawakan ni Ci-N si Imelda at akmang lalapit si Keifer dun sa lalaki.

**"Wag! Maawa kayo sa boyfriend ko!"**

**"Keifer!"** Sabay naming sigaw ni Imelda.

**"Ituturo lang naman nya kung sino! Ayaw pa!"** Sagot nya sakin.

**"Hindi talaga pwede! Nakiki-usap ako!"** Pag-mamakaawa ni Imelda na patuloy parin sa pag-iyak.

*Si Imelda Maldita, titiklop din pala.*

**"Tss."** Ginulo ni Keifer ang buhok nya at sandaling umikot-ikot. **"..Pwede naba yun?"** Inis na tanung nya.

*Ha?*

Hindi ko alam kung ako yung kinakausap nya. Sa ibang direksyon kasi sya nakatingin. Hindi ko rin maintindihan yung tanung nya.

**"Padaanin nyo nga ako!"** Sabi ng kung sino.

Lumitaw si Rakki mula sa likod ng mga ulupong. Meron syang hawak na camera, DLSR ata tawag dun.

**"Oo! Pwede na yun!"** Pabalang na sabi ni Rakki.

*Wala akong naiintindihan.*

Nakatanga lang ako kay Rakki at Keifer. Iyak pa rin ng iyak si Imelda habang inaasikaso ang boyfriend nya.

Bakit nga pala andito si Rakki? Kala ko *barbaric* ang mga E para sa kanya.

**"Anu bang nangyayari dito?"** Tanung ko sa kanila.

**"Pinapa-amin sila at kinukuhanan ni Rakki yung pagkakataon na yun para mai-post sa fb."** Paliwanag ni Ci-N na palapit sakin.

*Holy cow carabao!*

**"E-eto ba yung planong sinasabi mo?"** Tanung ko kay Keifer.

Umiling ang Keifer. **"Hindi ito yung original pero dahil sa ginawa mo kaya eto yung ginawa namin."**

**"At kahit labag sa kalooban kong makipag-tulungan sa mga E, nag-presinta na rin ako para maka-tulong sayo."** Singit ni Rakki at ngumiti sakin.

Ngumiti din ako sa kanya.

**"Kay Jay-jay talaga? Hindi sakin?"** Tanung ni Ci-N.

Umirap naman si Rakki sa kanya. Pero deep inside alam kong concern din sya kay Ci.

*Ayiiiehh!!*

Hawak ni Keifer ang camera at pa-ulit-ulit na pinapanood yung video. Ng magsawa inabot na nya kay Edrix yung camera.

**"Ako ng bahala dito."** Sabi ni Edrix pagkakuha ng cam at umalis na.

**"Tulungan nyo na yan! Dalin nyo ng clinic!"** Utos ni Keifer sa mga ulupong.

Sumunod naman sila at pinagtulungang buhatin yung boyfriend ni Imelda.

Lumapit ako kay Rakki. Gusto ko kasi syang makausap at pasalamatan na rin.

**"Rakki.."** pagkuha ko ng atensyon nya. **"..Salamat dito."**

**"Welcome... Gusto ko din kasing tulungan si Ci-N. Wala ako dito nung nangyari yung insidente."** paliwanag nya.

*Tsk! Sabi na eh!*

**"Panu ka pala? Sure akong makakarating kila Aries to. May hinala kasi kami na isa sa kanila yug may gawa nun kay Ci."** Nag-aalalang tanung ko.

Ang alam ko kasi magkaka-tropa sila. Magkakasama silang kumakain sa cafeteria.

**"Siguro okay na rin yun... Napipilitan lang naman akong makisama sa kanila. Kailan ko lang din na-realize na nahahawa na rin pala ako sa ugali nila. Buti mabait yung mga classmate ko at sinasabi nila yung totoo."** Paliwanag nya.

Sabagay. Nakakahiya yung una naming meet tapos parang pinahiya nya pa ko sa may cafeteria. Pero after nun parang bumawi naman sya sakin.

**"Hindi kaba natatakot sa pwede nilang gawin sayo?"**

**"Hindi... Kaya ko yan. Ako pa."** Sagot nya at ngumiti.

**"Okay na! Pwede nyo ng buksan mga facebook nyo!"** Announce ni Edrix.

Ginawa ko naman yung sinabi nya. Account ni Freya'ng bruha yung bumungad sakin.

*Bakit account ni Freya?*

Nakapost yung video ni Imelda na umaamin, nakalagay na rin yun caption '*Wala talagang magnanakaw watch the video.*' at meron na kaagad thousand views and reaction pati share.

*Grabe!* Ganun ba kadami friends ni Freya sa facebook? Tinignan ko yung mga comment. Karamihan sa kanila nagagalit kay Imelda.

Meron ding nagso-sorry sakin. Meron hindi naniniwala. Nagagalit din yung iba at sinasabing alin daw ba yung totoo.

**"Teka... Bakit sa account ni Freya naka-post? Account ba talaga nya to?"** Tanung ko.

**"Yup! Freya's account, hacked by----no other than----Edrix Knight!"** Sagot ni Edrix habang winawagayway ang cellphone nya.

Nagpalakpakan naman yung mga natitirang ulupong.

*Mga baliw!*

**"Pupusta ko... Umuusok na sa galit ang ilong ni Freya ngayon."** Sabi ni Rakki.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"....If X is equal to 8 then Y should be-----"**

**"What the fvck?!"** Freya suddenly. shout.

Lahat kami napatingin sa kanya. Pati teacher namin na nags-solve ng math problem napatigil din at napakunot ang noo.

**"Ms. Hidalgo! Language!"** Sigaw ng teacher namin.

Tinignan sya ng masama ni Freya. **"Shut up!"**

Kahit nabigla pinili nalang ng teacher na tumahimik. Nanlilisik ang mata ni Freya habang paulit-ulit na pinipindot ang phone nya.

**"OMG!"** Sabi ng isa sa alipores ni Freya. Nakahawak din sya sa phone nya. **"..Is this your Facebook account?"**

**"Hell yeah!! It's mine!"** Galit na sagot ni Freya.

Hindi ko talaga naiintindihan yung nangyayari. Binalik ko yung tingin ko sa board. Wala naman kasi akong paki sa drama ni Freya.

Nahagip ng mata ko si Ella na nakatingin din sa phone nya.

**"Hey... What's wrong?"** I ask her.

She look at me and handed her phone. Merong video na nagpa-play. I'm not sure who is the girl on the video but she look familiar.

**"*Aamin na kami!*"** Sabi nung babae sa video habang nakatingin sa kung kanino.

**"*Inutusan lang kami para gawin yun sa kanya..*"** sabay turo sa kung sinong malapit sa kanya **"..*Marami syang pinangako kaya ginawa namin.*"**

I think i already know who it is. It was the girl who claimed that her money was stolen by that Ci-N kid.

Then i heard a very familiar voice.

**"*S-sinong nag-utos sa inyo?*"**

It was Jay-jay's. Mukang pilit nilang pinaamin yung babae sa ginawa nya. I no longer want to play the video but i need to know if she told them who's behind this schemed.

Umiling yung babae. **"*Hindi ko pwedeng sabihin.*"**

The video stop.

I feel releif. Akala ko malalaman na nila yung totoo. Akala ko mapapahamak na si Ella.

I handed the phone back to Ella. **"Hayaan mo na sila. Masyadong obvious kung gagawa pa tayo ng hakbang."** Bulong ko kay Ella.

She force a smile and nodded.

*Don't worry Ella.* Hindi ko hahayaan na mapahamak ka ng dahil dito. Sure naman akong mananahimik sila.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 53

**Payback**

***Jay-jay's POV***

*Boring!!!!!!!!!!!* Nakakabored! Sobrang nakakabored! Wala kaming teacher. Nawalan na ata ng ganang magturo sa section namin.

Mga wala kasing saysay tong mga ulupong na to.

*Ang mean ko naman!*

Charot lang yun syempre. Pero tatlong teacher na yung hindi sumusulpot sa klase namin.

**"May meeting daw ba?"** Tanung ko kay David na naglalaro sa phone nya.

**"Sabi meron..."** Bored nyang sagot.

*Hanu ba yan?*

Parang mainam pa yata kapag may problema kaming kinakaharap. Kasi busy kami at hindi mapakali sa gagawin.

*Joke lang!!!*

Gusto ko namang magpahinga sa mga problema na yan. Hindi pa ko nakaka-abot ng second exam kung anu-anu na yung hinarap namin.

Dapat ding malinis ang isip ko. Meron din akong problema sa bahay. Bago kasi umalis sila Lola. Nilinaw nya sakin yung mga pinag-sasabi nila Kambal.

Nagising na nga daw si '*Ex-BF*'. Pero hindi pa rin daw nakaka-recover. Hindi nga daw makapag-salita ng maayos eh.

Sadyang hudas lang talaga yung kambal at tinakot akong pilit. *Kambal Animal!*

***Kkkrrrriiiiiiiiiinnnnnnggggggg!!!!***

Lunch time na. Dapat excited ako kasi makaka-kain na ko pero bored pa rin ako.

Lalakad na sana ko para pumunta sa tambayan namin, pero hinarangan ako ng Keifer.

I arched a brow. *Kailangan nito?*

**"Bakit?"**

**"Kukuhanin ko na sana yung bayad."** Sabi nya at inilahad ang kamay.

*Shooooot! Yung 25k na hiniram ko.*

Nagpilit ako ng ngiti. Kailangan bait-baitan sa maniningil. **"Wala pa eh..."**

**"Kelan mo ko balak bayaran?"** Mahinahon nyang tanung.

Sa lahat ng naniningil eto ang hindi galit. Sa ganitong tao masarap mangutang.

Napakamot ako ng ulo. **"Hindi ko pa alam."**

**"Tss."**

Yan na yung pisting '*Tss*'. Hindi pa rin sya umalis sa harap ko. Tinitignan na rin kami ng mga classmate naming patay guts.

Bigla nalang ngumiti ang Keifer. Yung ngiting nakakaloko at alam mong may kalokohang niluluto sa utak nya.

**"Kung wala kang pera pambayad. You can pay me with something else."** Sabi nya at tumingin sa dibdib ko.

Nanlaki ang mata ko. Agad kong tinakpan ng mga braso ko yung dibdib ko at bahagyang iniwas sa kanya.

*Manyakis!*

**"Ayaw mo ba?"** Tanung nya na may pang-aakit na boses.

*Ay shutang*names!!*

**"Gago ka!"**

Bigla nalang sya tumawa. Pati mga ulupong na nakakarinig samin nag-sitawa na rin.

**"Stupid. I'm just messing with you."** Sabi nya.

Pisti 'tong Keifer na 'to! Pero aaminin ko bumilis yung tibok ng puso ko. Impakto kasi 'tong Hari ng mga ulupong.

**"Bwisit ka! Alam mo yon?"** Sabi ko sabay irap.

**"Tss. Bayaran mo nalang ako ng pagkain."** Biglang sabi nya.

**"Pagkain?"**

**"Pagbaon mo ko ng lunch, kagaya ng ginagawa mo kila Ci-N at David."**

Ay parang mainam nga yun. Alteast hindi na ko mamo-mrobelma sa perang pambayad sa kanya. *Nice! Nice!*

**"Hangang kelan naman?"** Tanung ko.

**"Until graduation."**

*Napaka-tindi!*

**"Swerte mo dyan!"**

**"You owe me 25k. Kung nakinig ka lang sana sakin hindi mapupunta kay Mykel yung pera."** Sumbat nya.

**"Convert mo yang sinusumbat mo sa pagkaing ipambabayad ko!"**

**"25pesos per pack of lunch."** Sabi nya at nag-cross arm.

**"Anu?! Saan ka nakatagpo ng 25pesos na kanin at ulam?!"**

**"It's in a promo! Student meal."**

*Hayop... Lagyan daw ba ng promo.*

**"150 per pack of lunch!"** Sabi ko.

**"50."** Tawad nya.

**"150."**

**"60."** Tawad ulit nya.

Kuripot naman ng tao na to! Ang dami-dami naman nyang pera ay. Ang laki-laki nga nya maglabas ng pera.

**"150! Final na yun! Wag ka ng humirit!"**

**"Tss. Dadayain mo ko!"**

**"Hindi! Sulit yun, kala mo naman."**

Nagpamulsa sya at huminga ng malalim.

**"Start today. Akin na lunch mo!"** Sabi nya at pilit inagaw yung bag ko.

**"Hoy! Anu... Ba?!"**

Hindi ako pumayag at pilit binawi yung bag ko. Kayalang ang impakto, gago talaga! Hinampas nya yung kamay ko kaya napabitaw ako.

**"Aray!"**

**"Tss."**

Binuksan nya yung bag ko at pilit kinuha yung isang lunch box. Sinilip muna nya yung ulam bago ibalik sakin yung bag.

Tinignan ko sya ng masama. Bago pa sya makagawa ng panibagong kalokohan, naglakad na ko paalis at dumiretso sa tambayan namin.

Pero napahinto ako ng makita si Yuri na nakatayo malapit sa hagdan. Meron syang hawak na paper bag.

**"Yuri. Umaano ka dyan?"** Tanung ko.

Umiwas umiwas sya ng tingin at napansin kong namumula yung pisngi nya. Napahimas din sya ng batok.

**"A-anu... S-sabay sana kong kumain."** Sagot nya.

*Sus! Yun lang pala eh.*

**"Edi tara na... Hinihintay na tayo nung dalawa."**

Naglakad na ko paakyat ng hagdan at sumunod naman ang Yuri. Andun na nga sila Ci-N at David na mukang nag-aasaran pa.

**"Ang tagal mo----woah! Bakit andito si Yuri?"** Medyo OA na tanung ni Ci-N.

**"Sasabay daw sya sating kumain."**

Naupo na ko sa hagdan kasunod lang ng inuupuan ni David.

Tinap ko yung baitang sa tabi ko. **"Dito ka."**

Hindi tuminag ang Yuri. **"Dito talaga kayo tumatambay?"**

**"Dun sana sa may ikalawang room sa dulo pero pina-alis kami ni Calix. Sa kanila lang daw kasi yun ni Mica."** Paliwanag ni Ci-N.

Dapat kasi lilipat na kami dun sa room na yun. Pero sabi ni Calix sa kanila lang daw yun. Payag naman sana si Mica, sadyang topak lang tong isa.

**"Madamot kasi!"** Sigaw ni Ci-N.

**"Hoy! Naririnig kita!"** Sagot naman ni Calix.

Tumawa lang kami. Para kasi silang sira. Mag-aaway pa dahil sa tambayan.

Inabot ko na yung lunch box nila David at Ci-N. Makikihati nalang sana ako dahil kinuha ni Keifer yung sakin kayalang baka mabitin sila.

May alaga pa naman tong mga to sa tyan nila. Bahala na yung alaga ko, pwede naman nyang kainin yung laman laman ko sa loob.

Umupo si Yuri sa tabi ko at inabot sakin yung paper bag na hawak nya.

**"Anu to?"** Tanung ko.

**"Bomba."** Sagot nya.

Tinignan ko sya ng masama. Kinakausap kasi ng maayos. Luko talaga to!

**"Tignan mo muna kasi."** Utos nya.

Ginawa ko naman. Dalawang pack ng Sushi!!! Tumatalon ang puso ko sa kaligayahan! Hindi pa kasi ako nakakatikim nito.

Mukang take out lang nya to sa isang sushi restaurant. *Yayamanin!*

**"Akin to?"** Tanung ko ng may buong galak.

**"Hindi. Papabuksan ko lang sana sayo."**

Nawala ang ngiti ko. Nanlumo din ang kalooban ko. *Impakto*! Grabe sya sakin! Grabe! Pinapaiyak nya ko.

**"Hahahaha... Joke lang. Sayo talaga yang isa."**

Pero kaylangan kong maka-siguro. Malakas din kasi ang trip nitong tao na to. Abnormal!

**"Weh? Totoo na yan?"**

Hindi sya sumagot. Kinuha nya yung isang pack at binuksan. Kumuha sya ng isang sushi at pilit pinasubo sakin.

**"Naniniwala kana?"** Tanung nya.

Dahil sa namumualan ang bibig ko. Tumango nalang ako.

Nagsimula na syang kumain. May pagkakataon na nanghihingi si Ci-N pero ayaw syang bigyan ni Yuri.

*Damot din!*

Ang sarap nitong sushi! Medyo maparas nga lang yung souce pero masarap.

**"Anu nga pa lang pumasok sa isip mo at sumabay ka samin?"** Tanung ko kay Yuri bago sumubo.

**"W-wala lang. Ayoko kasing kumain sa room."**

**"Ay tama yang ginawa mo! Sure akong walang matitira sayo kung dun ka kumain!"**

**"Yeah... I think so."**

**"Bakit nyo nga ba kasi pinagbawalan yang mga classmate natin na magpunta sa cafeteria?"** Tanung ko na nagpatigil kay Yuri at Ci-N.

*Ay!*

Daldal ko. Nawalan ata ng filter tong bibig ko at kung anu-anu nalang yung biglang lumalabas.

Pero parang wala lang naman kay Yuri.

**"Yun yung napagkasunduan namin ni Keifer. It's better kung hindi na sila madamay sa away namin kila Aries."** Explain nya.

**"Ibig sabihin kayo lang talaga yung nagbawal sa mga Section E na pumunta sa cafeteria?"**

**"At first... Yes we are. Tapos mukang nakarating kay Aries yung ginawa namin at tuluyan na nyang pinagbawalan ang mga E sa cafeteria."**

Wow! Si Aries pala talaga ang may kasalanan ng lahat. Meron pa kong na-realize... Ang gulo pala talaga magpaliwanag nitong si Ci-N. Inexplain na kasi nya sakin to dati.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci. **"..kanino ka kakampi kung sakaling magkagulo ulit sila Keifer st Aries?"**

Natahimik ako. *Kanino nga ba?*

Kadugo ko si Aries, galit sya sakin at parang wala ng balak makipag-kasundo. Mali parin yata kung hindi ako kakampi sa kanya.

*Panu kung sya pala ang mali?*

Mas mali yatang kunsintihin ang mali.

Bigla na lang akong naguluhan. Hindi naman kasi sigurado kung sino yung tama sa kanila. Pero kahit ganun, mali pa rin yata na kumampi ako sa taong mali.

*Hay... Sakit sa ulo!!*

**"Hindi ko alam... Naguguluhan ako!"** Sagot ko kay Ci-N.

**"Hindi mo naman kailangang mamili. Matagal kanang naipit sa gulo namin. Kahit sinong kampihan mo iisa pa rin ang ending nun. Masasaktan ka pa rin."** Paliwanag ni Yuri.

Ako lang ba o parang may ibig sabihin yung mga sinabi nya sakin. Para bang may other meaning. May gusto ba syang iparating?

Umiwas ng tingin si Ci-N. Tahimik lang ang David. Nakatitig sakin ang mga mata ni Yuri.

**"P-panu mo nasabi?"**

**"Nasa Section E ka, kung nasan kami. Kadugo mo si Aries. Tingin mo ba hindi ka pa rin naiipit sa gulo namin?"**

Hindi ako makasagot. Para kasing hindi yun yung sagot na gusto kong marinig. Pero baka yun talaga yung gustong sabihin ni Yuri.

Pwede yun nga pero pwede ring hindi.

O baka pakiramdam ko lang.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 54

**Festival**

***Jay-jay's POV***

Ang bigat ng bag ko! Hindi na notebook ang laman nito. Puro lunch box. Baon ko, baon ni Ci-N, baon ni David at baon ng Pisting Hari ng ulupong.

Manghingi nalang kaya ako ng pera ky Kuya para mabayaran ko na yung mokong na yun. Kayalang baka makagalitan ako. Okay na to. Bibili nalang ako ng mas malaking bag para magkasya yung mga baunan.

Malapit na ko sa kanto ng may makita akong pamilyar na kotse. Yung kotseng maangas. Yung pagmamay-ari ni Kuya'ng Blue eyes.

Hindi nga ako nagkamali dahil nakatayo sa hindi kalayuan si Kuya'ng Blue eyes at naninigarilyo.

**"Hi!"** Bati nya sakin.

Nag-wave lang ako ng kamay. Feeling close kasi.

**"Papasok kana?"** Tanung nya sakin.

Aba! Nagtatagalog na sya ngayon. Hindi kagaya nung nakaraan. Kung todo english pa sya.

**"Oo.."** tipid na sagot ko.

**"Need a ride?"**

Umiling ako agad. Hindi ko pa naman sya kilala tapos makikisakay na ko agad. Anu sya? Mamaya rapist pala tong Blue eyes na to.

**"Are you sure? Muka kasing nahihirapan ka dyan sa dala mo."**

**"Muka lang... Pero hindi."** Sagot ko sa kanya at agad na naglakad palayo.

Umaano ba dito yung lalaki na yun? Ke-aga aga naninigarilyo at nag-gagala. Nag-aaral ba yun?

*Mukang out of school youth.*

Patuloy lang ako sa paglalakad na may marinig akong busina ng sasakyan sa likod ko. Lilingonin ko sana kayalang kinutuban ako na eto yung si Kuya'ng Blue eyes.

Binilisan ko nalang yung paglakad. Bumusina na naman yung sasakyan at para bang sinusundan ako.

Huminto ako at huminto rin yung sasakyan. Mukang sinusundan nga talaga ako.

Nilingon ko na yung sasakyan para tignan at bantaan na rin sana yung driver. Pero napatigil ako ng makita yung sumusunod sakin.

Si Yuri at yung kotseng pinanghatid nya sakin dati yung gamit nya.

Bumukas ang pinto at lumabas ang Yuri. **"Kanina pa kita tinatawag! Ano kaba? Bingi?"** Inis nyang tanung sakin.

Grabe! Ang sungit naman nito. Daig pa yung babaeng may dalaw.

**"Akala ko kasi..."**

**"Just get in the car."** Utos nya.

Ay dito, talagang sasama ako. Lumapit naman ako pinto ng passenger seat at binuksan yun. Sumakay ako kasunod ni Yuri.

*Ginhawa!*

Nakaginhawa ako sa bigat ng bag ko pati na rin sa init ng panahon.

**"Hoy! Yuri'ng yayamanin... Umaano ka dito sa village namin?"** Tanung ko sa kanya.

He cleared his throat. **"M-may dinaanan lang ako dyan sa malapit."** Sagot nya.

**"Ng ganto kaaga?"**

**"O-oo..."**

Napa-'*ahh*' nalang ako. Kakaiba din kasi ang trip nitong si Yuri. Napansin kong panay ang tingin nya sa side view mirror.

**"May sumusunod satin."** Sabi nya at sandaling lumingon sa likod.

Sinubukan ko ring tignan pero hindi ko maintindihan kung panong lingon ang gagawin ko.

Mas binilisan ni Yuri ang takbo ng kotse.

**"Kilala mo ba yun?"** Nag-aalalang tanung ko.

Malay ko kung sya lang pala tong sinusundan at nadamay lang ako. Nakisakay na nga lang napasama pa.

**"Hindi."** Maikling sagot ni Yuri.

Bahagyang bumagal ang takbo ng kotse. Sa pagkakataon na yun, nag-over take yung sasakyan sa likod namin at nakita ko kung sino yun.

**"Yun ba yung sumusunod satin?"** Tanung ko.

Nag-nod si Yuri.

Bakit naman kami susundan ni Kuya'ng Blue eyes? May sira siguro ang kokote nun at walang magawa sa buhay.

Nakarating kami sa school at pinarada ni Yuri ang kotse. Bumaba na ko at ganun din sya.

*Ang bigat!*

**"Anu bang laman ng bag mo at hirap na hirap ka?"**

**"Lunch box namin nila David, Ci-N at Keifer kumag."** Sagot ko.

**"Bakit pati si Keifer pinagbabaon mo?"**

Sasabihin ko ba sa kanya na pangbayad utang? Alam naman nya ata na nanghiram ako kay Keifer.

**"Pam----"**

**"Kasi gusto nya."** Someone cut me.

Pareho naming tinignan ni Yuri yun. Si Keifer kumag. Mukang papasok pa lang din sya.

**"Hindi no!"** Bawi ko sa sinabi nya. **"..pambayad utang talaga."**

**"Utang?"** Tanung ni Yuri.

Hindi pa pala nya alam. Kala ko sinabi na nitong isa.

**"I'll explain it to you later."** Sabi ni Keifer at mabilis na naglakad papuntang building namin.

Sumunod naman kami ni Yuri. Pagdating sa room, normal na ulit ang lahat. Nakikipag-kulitan na si Ci-N sa mga classmate namin.

**"Hi Jay!"** Bati nila sakin.

Ngumiti naman ako sa kanila. Diba? Tropa tropa na kami. Sa tindi ba naman ng pinag-daanan namin.

*Yabang ko ba?*

Pag-upo ko sa pwesto ko agad akong nilapitan ni Ci. Buong ngiti pa syang humarap sakin.

**"May chocolate ka dyan?"** Tanung nya.

**"Meron... Pero hindi kita bibigyan."** Sagot ko sa kanya.

Nag-pout ang Ci at may kasama pang puppy eyes.

*Nakakaawa naman ang bata.*

Kumuha ako sa bag at agad na binigay sa kanya. Nakita yun ng ibang ulupong kaya ayun. Nagkagulo na!

Medyo matagal bago dumating si Sir Alvin. Mukang nalate sya ng pasok.

**"Section E, hindi muna ko mag-didiscuss ng lecture. Pag-uusapan natin ang Festival."**

*Festival?*

**"Sir... Matagal pa naman yun ah? Bakit pag-uusapan na?"** Tanung ng isa kanila.

**"My chance kasing mabago ang date kaya hanga't maaga, pag-uusapan na."** Paliwanag ni Sir.

Humarap ako kay Ci na puro chocolate pa yung bibig.

**"Ci! Anu yung festival?"**

**"Fiesta!"** Maikling sagot nya.

**"Alam ko yun... Ibig kong sabihin ipaliwanag mo."**

Sasagot na sana sya kayalang punong puno an bibig nya ng chocolate. Napakamot ako ng ulo dahil sa itsura nya. Kay David ako humarap.

**"David! Explain mo nga yung festival."**

**"School Festival... 1 week celebration yun ng school. May sport fest, mga kainan at booths. Meron ding program. Dipende sa rules na ilalabas ng school yung magaganap dun."** Explain nya.

Buti patong si David mabilis kausap. Yung isa busy sa pagkain.

**"May rules pa?"**

Hindi sumagot ang David. Tinuro lang nya si Sir na busy sa pag-aayos ng mga papel sa harap nya.

**"Okay... Dipende ang dami ng booth sa representative ng each section. Sa ngayon wala pa. Sa program, us usual walang kamatayang pageant. Hindi pa sigurado kung anu-anu yun pero ang sigurado si Freya na naman ang panalo."**

*Eh anu yun?* Nagpa-pageant pa sila kung kay Freya lang pala mauuwi ang korona.

**"..Sa mga task, A ang organizer ng program, B ang sa sports, C ang sa booths and D ang bahala sa security. And section nyo... Sa gabi ulit."** May halong pag-aalangan yung huling sinabi ni Sir.

**"Anung sa gabi?"** Tanung ko na medyo napalakas ata. Bigla kasing tumingin sakin si Sir.

Pero si David ang sumagot ng tanung ko. **"1 week ang festival, kailangan ng security sa gabi para mabantayan yung mga gamit."**

**"At syempre mga taga-linis ng basura!"** Galit na dagdag ni Keifer.

**"Alam mong yun ang rules. Hindi kayo papapuntahin sa Festival kung hindi nyo gagawin yun."** Sagot ni Sir kay Keifer.

Pero mukang lalong nairita yung Hari ng mga ulupong.

**"That rule was created before! Si David pa ang presidente nun, but now it's me!"** Sagot na naman ni Keifer.

*Bastos talaga to!*

Napatingin ako kay David. Salubong na ang kilay nya at saradong sarado ang kamao.

Baka mag-away na naman tong dalawa na to.

**"What are you suggesting?"** Tanung ni Sir.

**"We will do no task!"**

**"Pero hindi kayo papasukin sa festival."**

Agad na nag-react ang mga ulupong sa sinabi ni Sir. Mga hindi sang-ayon.

"*Wag naman ganun.*"

"*Gusto naming pumunta.*"

"*Magd-date kami ni Mica.*"

"*Hindi ko mapapanood laban ni Rakki.*"

"*Ang dami pa namang chicks nun.*"

"*Pagkain! Pagkain!*"

Pilit pinahinahon ni Sir yung mga ulupong pero walang talab. Matigas parin si Keifer at ayaw makinig sa mga classmate namin.

**"Gusto ko din magpunta! Hindi pa ko nakakapunta ng Festival!"** Sabi ko.

Iba kasi yung tawag samin sa ganyan. Intrams, palaro lang yun tsaka program. Tapos kaunti lang nagpupunta dahil mas gusto nila sa bahay.

*Walang buhay!*

**"No! My decision is final! No Festival no TASK!"** Pagdidiin ni Keifer.

Halos mag-wala na yung ulupong dahil sa sinabi ni Keifer. Wala namang makapalag sa kanya.

**"Grabe ka naman! Sarili mo lang iniisip mo!"** Sabi ko.

Ayun! Tumahimik ang buong klase, nagsimula na rin ang paligsahan ng titigan. Ang kalahok? Ako at si Keifer.

**"Iniiwas ko lang sa kahihiyan ang section na to!"**

**"Panu yung gusto namin?!"**

**"Bakit? Mas gusto nyo bang napapahiya?"** Tanung ni Keifer sa mga ulupong.

Umiwas silang lahat ng tingin. Ayaw nilang mapahiya pero gusto nilang magpunta ng festival.

**"Pero gusto nyong magpunta ng Festival?"** Tanung ko sa kanila.

Sumang-ayon naman sila.

**"Okay... I'll let them choose! Maging basurero at mapahiya or mamasyal nalang sa ibang lugar?"** Tanung nya.

Nagtinginan silang lahat. Para bang nahati ang desisyon nila. Pero gusto ko ding magpunta.

**"Mag-enjoy sa festival or tumambay sa bahay?"** Sabi ko.

Muli naman silang nag-usap. Gusto ko talaga magpunta. Para kasing na-excite ako sa mga magaganap.

**"Matagal pa naman ang Festival. Wala pang date na nilalabas ang board. Malaya pa kayong makapag-isip kung anung desisyon nyo."** Dagdag ni Sir.

Masama pa rin ang tingin sakin ni Keifer. Syempre hindi ako dapat magpatalo. Imbyerna kasi tong Hari ng mga ulupong.

Okay lang naman mag-linis basta makakakapag-enjoy ka din. Sa umaga festival tapos trabaho sa gabi.

*Excited na ko sa Festival.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 55

**Author's Note:** Sorry guys kung wala pa picture yung iba. Meron kasi ako tinatapatan na tao----actor/actress. Kapag ka nakita ko sila, tinitignan ko kung match nga ba nila yung personality ng character ko.

Okay lang naman kung ibang lahi, since fiction lang naman to. Kaya yung picture ni Yuri Hanamitchi beybe ⬇⬇⬇ ----nasa dulo nitong chapter.---- Hindi red hair at hapon, wala rin sya'ng salamin at hindi rin sya mascular but somehow i can see Yuri to him.

Hahanap pa ko para sa iba. Nakita ko na si Kiko pero next chapter nalang sya. Hehehehehe.

**Lunch**

***Jay-jay's POV***

**"...Class, next day after tomorrow gagawa kayo ng report! Gusto kong mag-groupings na kayo para mabilis at hindi na kailanga'ng i-take home!"** Sabi ni Ma'am.

**"Okay..."** Bored na sagot ng mga ulupong.

Magpakita naman sila ng kaunti'ng sigla. Nakakahiya sa teacher, baka isipin na hindi kami nakikinig.

*Pero hindi talaga kami nakikinig.*

**"Tayo nalang nila David ang group?"** Tanung sakin ni Ci-N.

Humarap ako kay David para sana tanungin sya kung okay lang pero may kausap sya.

Muli kong hinarap si Ci-N. **"Baka nga tayo nalang."**

Bigla nalang ngumiti si Ci-N ng nakakaloko. **"Tayo nalang?"**

Tinignan ko sya ng masama. Ibang '*Tayo nalang*' yung iniisip nya. Abnormal talaga tong si Ci.

**"Umayos ka... Sasamain ka sakin."** Banta ko sa kanya.

Tumawa lang ang luko. *Eto talaga'ng bata na to.* Pero mas gusto ko yung ganyan sya. Kesa yung tulala at para'ng pasan-pasan nya ang langit at lupa.

***Kkkrrrriiiiiiiiiinnnnnngggggg!!!!***

Ayan na! Kainan na! Papaikinin ko na yung mga anak-anakan ko----charot!

Kinuha ko na sa bag ko yung baon ng Hari ng mga ulupong. Special ang baon nya syempre, masabing sulit yung 150 na launch.

*Nakakahiya kasi sa kanya!*

Mukang hindi na nakapag-hintay ang Hari kusa ng lumapit sakin para kunin ang baon nya.

**"Eto na yun?"** Keifer ask.

**"Oo... Anu'ng expect mo? Kasing laki ng bag ko yung baunan?"**

**"Tss. I'm just confirming it."** Sabi nya at kinuha yung baunan sakin.

Aalis na sana ko para pumunta sa tambayan namin pero hinawakan ako ni Keifer sa braso.

**"Eat here."** Utos nya.

**"Ayaw."** Sagot ko habang umiiling.

**"Bakit ba dun pa kayo kumakain?"**

**"Kasi gusto namin."**

Tumingin si Keifer sa tabi nya at sinenyasan ang isa na lumapit sa kanya.

Meron sya'ng binulong dito at agad na lumabas. Tinignan ko lang sya at yung kamay nya na nakahawak pa rin sa braso nya.

*Sinasapian na naman siguro to!*

Bigla nalang pumasok si David at Ci-N. Nauna kasi sila sa tambayan namin. Pati si Yuri pumasok din at may dala na nama'ng paper bag. Kasunod nila sila Mica at Calix. HHWW pa sila!

**"Bakit mo kami pinatawag?"** Tanung ni Calix kay Keifer.

Binitiwan ako ni Keifer at humarap sa kanila. **"Simula ngayon, wala ng kakain sa second floor! Lahat dito na, pati kayo."**

Tinignan ako ni Yuri na parang nagtatanung ng '*may nangyari ba?*'. Kahit nagtataka lumapit nalang sakin sila David at Ci-N.

**"Inaway mo na naman ba si Keifer?"** Tanung ni David.

**"Hindi ah! Ewan ko kung napanu yan."**

**"Yaan na natin. Kain na tayo."** Aya ni Ci-N.

Inayos namin yung mga lamesa. Pinagtabi-tabi namin. Tinawag na rin namin sila Mica para makasabay samin. Obvious kasi na naiilang sya.

Nakatingin lang samin yung mga ulupong at parang mga buwitre na naghihintay ng dadagitin. Meron ding naglalaway----putcha! May rabis pa ata!----*Joke*. Dahil talaga sa pagkaing nakahain sa harap namin.

Nahiya yung baon namin sa baon nila Mica. Chicken fillet na may kakaibang souce. Amoy pa lang masarap na.

Nakita ko'ng naupo si Yuri sa upuan nya. Nahiya ata'ng makisalo samin.

**"Yuri! Dito ka!"** Tawag ko sa kanya sabay turo sa bangko sa tabi ko.

Tumingin muna sya kay Keifer bago lumapit samin. Inabot ko kila David at Ci-N ang baon nila.

*Para kami'ng nagpi-picnic! Taray!*

**"A-anu'ng baon mo?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Eto..."** Sagot ko habang pinapakita ang baon ko sa kanya.

*Pinirito'ng manok na may gulay-gulay sa gilid.* Hindi ko alam kung anu yung gulay. Mga maid kasi nila Tita ang nag-luto nito. Taga kain lang ako.

**"Gusto mo palit tayo?"** Alok ni Yuri.

Nilabas nya yung laman ng paper bag. *Sushi!!* Napangiti ako at mabilis na inabot sa kanya ang baunan ko. Binigay naman nya sakin yung isang pack ng sushi.

*Wooooooooooohhhhhhh!! Sushi! Sushi!*

**"Uhmmm... Hindi ba natin aalukin mga classmate nyo?"** Tanung ni Mica.

Biglang nag-react ang mga luko.

"*Alukin mo kami.*"

"*Oo.. tama!*"

"*Sige lang! Mag-alok ka!*"

"*Hindi kami tatanggi.*"

Agad silang nakakuha ng matalim na tingin galing kay Calix.
**"Manahimik!"**

Parang mga bata'ng hindi nakahingi ng candy ang mga itsura nila. Sa totoo lang muka kami'ng kumakain sa isang restaurant at yung mga nakapaligid samin, mukang pulubeng namamalimos.

*Grabe naman! Ang harsh ko pala!*

Bigla nalang lumapit si Keifer na may tangayngay na bangko. Sumingit sya sa pagitan namin ni Ci-N. Nakagitna na ko sa kanila ni Yuri ngayon.

*Aminin... Nalulungkot mag-isa.*

Nagpalitan kami'ng lahat ng tingin. Pare-pareho'ng naguguluhan sa inasta nitong isa. Pati mga ulupong na nakiki-usyoso sa kinakain namin nanibago din.

**"Jay! Penge ako nyan!"** Pambasag ni Ci-N sa katahimikan.

**"Mamaya..."** Sagot ko.

Nag-simula na ring kumain si Keifer kaya ganun din ang ginawa namin. Tsaka ko na iisipin yung problema nito'ng isa.

Medyo nakakairita nga lang. Habang kumakain may mga nanunuod samin. Kailangan talaga nakabantay sila?

May kumalabit sakin. Tignan ko yun at si Denzel pala. Nakalahad yung kamay nya sakin.

**"Mamigay ka naman... Kahit kaunti."** Bulong nya.

Alanganin ang tingin ko sa kanya. Si Eren naman nakikikain na sa baon ni Ci-N. Si Calix pilit tinataboy yung mga lumalapit kay Mica, nawala na sa isip nya yung baon nya----nadagit na ng buwitre.

Si Kit, Edrix at Rory umaaligid kay David. Hindi naman sila pinapansin. Napunta yung tingin ko kay Felix.

Nakatingin lang sya samin at nung nagkasalubong ang tingin namin, agad sya'ng umiwas. Nagsuot sya ng headset at dumukdok sa lamesa.

Bakit ba iwas na iwas sakin to?

**"Jay.. penge na."** Tawag sakin ni Denzel.

Tutal marami naman na ko nakain inabot ko na sa kanya yung natitira. Agad nama'ng lumapit yung iba sa kanya.

**"Bakit binigay mo?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Makulit eh. Tsaka marami naman na ko nakain kaya okay na yun."**

**"Kapag binigyan mo yung isa. Dapat bigyan mo lahat."** Singit ni Keifer sa usapan.

**"Panu ko naman sila bibigya'ng lahat?"**

**"Kung hindi mo sila mabibigya'ng lahat. Wag mo ng bigyan yung iba."** Sabi ni Keifer.

*Eh kawawa naman sila.*

**"Kaya mo ba sila'ng ipagbao'ng lahat?"** Tanung ni Yuri.

**"Hindi! Masyado sila'ng marami."**

**"Hindi ko na kasi sila mapagbabaon. Nahuli ako ni Tanda dati, sure ako'ng pagbabawalan na ko ng mga tao samin."** Dagdag ni Yuri.

**"Wag nyo'ng problemahin kung hindi nyo kaya. Hayaan nyo sila. Pwede naman sila'ng magbaon, ang tatamad lang talaga nila."** sabi ni Keifer.

*Ang sama ng ugali ng impakto'ng to!*

Para'ng nakalimutan nya na sila ni Yuri ang nagkasundo na wag na silang papuntahin ng cafeteria. Kung hindi nga nila ginawa yun baka hinayaan lang sila ni Aries.

**"Pwede naman sila'ng ipagluto."** Sabi ko.

Tinignan ako ni Yuri. **"Dito?"**

**"Yeah... Meron kayong rice cooker dyan diba? Tapos may mga kasirola pa tska-----"**

**"Hindi pwede'ng galawin yun."** Sabi ni Keifer.

**"May nagmamay-ari nun."** Dagdag ni Yuri.

**"Sino?"**

**"Si Superman."** Sagot ni Yuri.

Bigla nalang ako'ng natawa. Para kasing mga aneng. Pero napatigil ako ng makita'ng seryoso sila Keifer at Yuri. Pati sila Ci-N at David napatingin na rin sakin.

**"Jay... May classmate tayong Superman ang pangalan."** Paalala ni Yuri.

*Weh?*

**"Hindi nga?"**

Tumingin ako kay David at pareho sila'ng nag-nod.

*Meron nga?* Ililista ko na talaga mga pangalan nila. Tagal tagal ko na dito hindi ko pa rin maalala.

**"Seryoso kayo dyan?"**

**"Stupid! Sya yung 2 or 3 times a week lang kung pumasok!"** Sabi ni Keifer.

**"Eman ang tawag ng iba sa kanya.**" Dagdag ni David.

*Eman? Eman? Eman? Eman!*

Naalala ko na! Sya yung sinungitan ako ng nalaman nya'ng ginamit ko yung electric frying pan. Hindi ko naman sya pinansin dahil namo-mroblema ako kay Ci-N nun.

**"Naalala mo na?"** Tanung ni Yuri.

Nag-nod naman ako. **"Sa kanya yun?"**

**"Oo.. Dati kasi sya'ng nagluluto dito. Kayalang tinamad na, kasi nga wala naman tumutulong sa kanya."** Paliwanag ni Ci.

Niligid ko yung paningin ko. Muka'ng hindi na naman sya pumasok. Lagi kasi'ng absent yun. Hindi ata nag-aalala kung babagsak sya o hindi.

**"Hindi sya pumasok, kung sya nga yung hinahanap mo."** Sabi ni Keifer.

**"Gusto ko sana sya kausapin."**

**"Baka andun yun sa restaurant nila."** Sagot ni Yuri.

Yayamanin! May restaurant.

**"Kelan kaya sya papasok?"**

**"Baka hindi na pumasok yun."** Singit ni Calix. Pare-pareho kami'ng napatingin sa kanya. **"...balita ko naluluge na yung restaurant nila at sya mag-isa yung nag-aasikaso."**

**"Bakit sya? Wala ba sya'ng magulang?"**

**"Puro arte lang alam ng Nanay nun. Yung Tatay nya naaksidente, nasunog ata yung braso. Dun mismo sa restaurant nila."** Paliwanag ni Calix.

Kawawa naman pala sya. Kahit Superman pa yung pangalan nya, hindi ibig sabihin nun kasing lakas at tatag sya ni Superman.

**"Alam nyo ba kung saan yung restaurant nila?"**

**"Bakit?"** Tanung ni Yuri.

**"Dalawin natin sya."**

Tinignan ako ni Keifer. Para bang sinasabi nya na umaandar na naman yung pagiging paki-alamera ko.

*Concern lang po ako.*

**"Sasamahan kita mamaya."** Biglang sabi ni Yuri.

**"Ako din! Sasama ako!"** Sigaw ni Ci-N.

**"Sasama rin."** Sabi ni David.

**"Sama tayo Baby."** Sabi ni Mica kay Calix.

Walang nagawa ang Calix kundi ang sumang-ayon.

**"Sama na rin kami..."** Sabi nung ibang ulupong.

Si Keifer nalang ang hindi sumasagot kaya lahat ng tingin namin nasa kanya.

**"Hay... Anu pa nga ba? Edi sumama na."** Sabi nya na nagpahiyaw sa samin.

*Ayos! Operation: Dalawin si Superman!*

**Author's Note:** Yuri Hanamitchi Beybe...

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 56

**Help**

***Jay-jay's POV***

Honestly? Kaya lang ata nagsi-sama tong mga to kasi akala nila makakalibre sila ng pagkain.

Sa kotse ni Yuri ako sumabay. Ganun din si Ci-N at Eren. Si David may dalang sariling kotse kagaya ni Keifer. Hindi ko nga lang sigurado kung sino-sino yung sinabay nila.

Nakarating kami sa restaurant nila Eman. Malaki at maganda yung theme----Comics/Superhero. Si Superman ang nakabungad sa pinto. May nakadikit kasing sticker ng superman na malaki sa glass door.

**"Bukas naba?"** Tanung ko.

Wala kasing nakalagay na *Open* or *Close* sign.

Pilit kong sinilip yung loob. Kayalang sa laki nitong superman sticker hindi ko makita.

Hinawakan ni Yuri yung pinto at tinulak.

*Bukas!!*

**"Bukas na pala eh!"** Sabi ni Ci-N.

Dahan dahan kaming pumasok at tatlong crew ang bumungad samin.

**"Welcome po!"** Bati nila.

Mukang kakabukas lang at hindi pa sila naka-ready. Nagpupunas pa nga lang ng lamesa yung isa.

**"Bukas naba kayo?"** Tanung ni David sa isa sa mga crew.

**"Opo... Table for----ilan po kayong lahat?"**

**"Ilan ba tayo?"** Tanung naman ni Eren at nagbilang.

*Baka po hindi tayo kakain dito.*

**"Uhmmm... Andito po ba si Eman?"** Tanung ko.

Hinanap ko na agad yung kailangan namin, baka kasi maisapan pang umorder ng mga to. Wala naman kaya kaming pambayad.

**"Nasa loob po sya... May kailangan po ba kayo sa kanya?"**

**"Sabihin mo andito yung mga classmate nya. Lumabas na kamo sya agad, we don't like to wait.** Utos ni Keifer.

Sumunod naman agad yung isa sa crew. Mukang natakot sa itsura ni Keifer.

Habang naghihintay, tinignan ko muna yung paligid. Mga eksena sa comics yung design sa pader. Gawa naman sa kahoy yung lamesa at bangko.

Meron ding naka-design na ulo at kamay ng superhero. Para bang lumusot sila sa pader. Meron ding shield ni Captain America.

May symbol pa ng Avengers sa pinto papuntang kusina. Yung counter naman nagmukang Control room.

*Astig!*

Lumabas sa pintong may symbol na Avengers yung isa sa Crew, kasunod nya si Eman.

**"Kailangan nyo?"** Bungad nya samin.

**"Kinakamusta ka."** Sagot ni Calix habang may hawak na menu.

**"Tapos pakainin mo na rin kami."** Dagdag ni Ci-N.

**"Yun lang pinunta nyo?"** Iritang tanung ni Eman.

**"H-hindi... Kasi gusto ko lang sanang ipagpa-alam yung mga gamit dun sa room. Baka pwedeng hiramin."** Sabi ko.

**"Gamitin mo. Bahala kayo. Hindi naman na ko papasok kaya sa inyo na yun."** Walang gana nyang sagot.

**"Totoo? Hindi kana talaga papasok?"** Hindi makapaniwalang tanong ko.

**"Nakita nyo naman... Kailangan ako ng restaurant namin. Tatlo na nga lang natitira sa crew nito eh."**

Ahh kaya pala parang ang unti ng crew nila sa laki nitong restaurant.

**"What happen?"** Keifer ask.

**"Alam nyo naman siguro na naaksidente si Dad. Hanggang ngayon nagpapagaling pa sya. Si Mom naman inubos yung pera namin sa mga luho nya. Kinailangan kong magbawas ng empleyado dahil hindi na mapupunan nung natitirang pera yung sahod nila."** Paliwanag nya.

Sandaling tumunog yung telepeno at sinagot ng isa sa crew. Nasa amin pa rin ang atensyon ni Eman.

**"Ikaw ang nagm-manage?"** I ask.

He nodded. **"Wala namang alam si Mom sa ganito. Buti na nga lang at tinuruan ako ni Dad before."**

**"Diba Dad mo ang chef dito? Sino ng nagluluto nyan?"** Tanung ni Calix.

**"Si Mr. Chen sana pero naghanap na sya ng ibang trabaho, kaya ako na."** Sagot ni Eman.

Napatingin ako kay Keifer. Halatang meron syang iniisip. Nakakaramdam ako ng awa kay Eman. Wala pa syang experience sa ganito. Kahit marunong sya, hindi sapat yun.

May pumasok na apat na katao sa pinto. Agad silang inasikaso nung isa sa crew.

**"Babalik na ko sa loob. May customer na."** Sabi ni Eman at pumasok sa kusina. Agad na sumunod sa kanya si Keifer.

**"Huy! Keifer!"** Tawag ko pero hindi nya ko pinansin.

Susunod sana kami sa loob pero binawalan kami nung isa sa crew. Biglang lumabas si Keifer na bitbit si Eman sa kwelyo nya.

**"I'm not done talking to you."** Sabi ni Keifer.

Halatang naiinis si Eman sa ginawa nya. **"Pwede ba? May trabaho ako."**

**"What are your plan?"**

**"Right now. I have none."**

Taimtim ang pag-uusap nung dalawa. Hanggang sa sunod sunod na customer na yung pumasok. Hindi magka-ugaga yung mga crew sa kung sinong dapat unahin.

Ayaw pa rin paalisin ni Keifer si Eman.

*Hay... Eto na naman po tayo!*

Binigay ko yung bag ko kay Ci-N at kumuha ng menu sa counter. Lumapit ako dun sa mga customer na hindi pa naasikaso.

Hindi na dapat ako nakikialam. Kayalang kasi.... *Asar!*

**"Eto po ang menu..."** Sabi ko at lumapit sa iba pang customer.

**"Miss. Anong ginagawa mo?"** Tanung sakin nung isang crew.

**"Tumutulong."**

**"Baka makagalitan kami ni Sir Eman."**

**"Hindi yan. Ako bahala."**

Walang nagawa yung crew kundi hayaan ako. Pagka-abot ng menu agad akong lumapit kila Eman.

**"Tutulong kami dito."** Singit ko sa usapan nila.

**"Anu?!"** Halos sabay sabay na tanung nila.

**"Tutulong kami dito hanggang sa maka-recover ka at makakuha ng crew."** Paliwanag ko.

**"Sino namang '*kami*' yung tinutukoy mo?"** Tanung ni Keifer.

**"Kami ni Calix!"** Sagot ni Mica habang nakataas ang kamay.

As usual, walang nagawa ang Calix kundi ang sumang-ayon. *Edi under ka ngayon!*

**"Tutulong na rin ako."** Sabi ni David at dire-diretsong pumasok sa kusina.

Sinubukan pa syang pigilan ni Eman pero wala syang nagawa.

**"Kami din!"** Sigaw nila Eren at Ci-N. Dumiretso sila sa counter at lumapit sa crew.

**"Bayaran mo nalang kami ng pagkain."** Sabi ni Denzel at sumunod sa kusina.

Pati yung iba pumasok na rin sa kusina. Naiwan si Yuri sa tabi ko habang nakatingin sakin.

**"You can't help it, right?"** Tanung nya.

**"Ha?"**

**"Ang tumulong sa iba... Hindi mo matiis."**

Napatigil ako. Bakit nga ba hindi ako makatiis? Hindi naman ako ganito dati.

**"Obvious naman na hindi ko kayo mapipigilan."** Sabi ni Eman at humarap sa isa sa mga crew. **"Guide them. Make sure na hindi sila manggugulo."**

*Nice!*

Agad akong dumiretso sa kusina. Halos lahat kami andito. Binigyan kami ng apron na itim, para daw sa mga waiter at waitresses. Yung iba pinagbihis ng parang pang-chef.

**"Bilisan nyo. Marami na tayong customer."**

Lumabas kaming mga naka-apron at naiwan yung iba sa loob. Ako, si Ci-N, si Yuri, si Mica at Calix, si Rory, si Eren at Felix ang mga naka-apron. Yung iba naiwan sa loob para tumulong kay Eman.

Pagkabigay daw ng Menu dapat bigyan namin ng tubig. Si Yuri, Mica at Calix ang nagbibigay ng tubig.

**"Ang gwapo mo naman!"** Sabi nung isang babae kay Ci-N.

Todo smile naman ang Ci-N sa kanila kaya lalung kinilig yung mga babae.

Lumakad ako palapit sa kanila para abutan ng menu yung katabi nila. Pero bago makalagpas kay Ci-N meron akong binulong sa kanya.

**"Susumbong kita kay Rakki."**

Ayun! Naglaho ang kanyang mga ngiti.

Kung tutuusin taga-bigay lang ako ng menu at iba yung kumukuha ng order. Si Eren at Rory ang gumagawa nun. Si Felix naman ang nagdadala ng order nila.

Napansin kong may kulang sa ginagawa namin. Hindi kami ngumingiti kagaya nung ginagawa ng ibang crew. Si Ci-N sana kayalang halatang nagpapa-cute lang ang luko.

Tinignan ko si Yuri. Seryoso yung muka nya. Pero kahit ganun kinikilig parin yung mga babaeng nakakaharap nya. Partida! Naka-salamin pa yan.

**"Huy... Ngumiti ka naman sa kanila."** Sabi ko ng magkasalubong kami.

**"Ha?"**

**"Ngiti!"** Utos ko.

Ngumiti ang Yuri pero parang ngiti na nandidiri ang itsura nya. Kahit ganun, kinilig pa rin yung mga babaeng nakakita sa kanya.

*Ibang klase!*

Napatingin ako sa isang table na iisa lang ang naka-upo. Wala syang hawak na menu at wala pa ring order. Tubig lang ang nasa harap nya.

Lumapit ako sa kanya at buong ngiti na hinarap yung customer. Kayalang nawala din yung ngiti ko, hindi kasi customer to----crrrrooostumer.

**"Umaano ka naman dyan?"** Tanung ko.

**"Naka-upo."** Bored na sagot ng Keifer.

**"Akala ko ba tutulong ka?"**

**"Wala akong sinabing ganyan."**

Biglang nagtilian yung isang grupo ng kababaihan. Nakangiti kasi si Yuri sa kanila.

**"Hay naku! Daig na daig ka ni Yuri."** Sabi ko.

Parang may kung anong pumitik sa utak ni Keifer at bigla nalang tumayo. Sinuot nya yung apron na nakasampay malapit sa counter at nanguha ng menu.

*Eh napano yun?*

Paglapit sa isang table na puro babae din. Ayun, biglang nagtilian na parang kinukuryente yung kuwan.

Pati ibang customer napatingin na din.

**"Ang gwapo nya!!"** Sigaw nung isang customer.

Lumapit ako kay Yuri. **"Anong nangyari dun?"** Tanung ko.

**"Bigla nalang nagpa-pogi sa harap ng customer. Kinindatan at nagkagat labi pa."** Sagot nya.

*Ayun tayo eh!* Itsura lang ang puhunan.

Dahil iisa lang si Felix sa pagbibigay ng order. Tumulong na rin ako. Pumasok ako sa kusina at nakita ko kung anu yung ginagawa nung iba.

May naghihiwa, may naghahalo ng kung anu, at meron taga-tikim. Si Eman ang tumitingin sa mga ginagawa nila.

**"Order table No.16!"** Sigaw ni Kit bago hampasin yung bell.

May binaba syang tray sa harap ko kaya kinuha ko yun. Ang galing para kaming mga totoong crew ng restaurant.

Paglabas ng kusina kinuha ni Felix yung tray na hawak ko. **"Ako na."**

Hindi na ko nakapalag. Para kasing galit yung tono nya. Dapat ko na talagang makausap to.

Hindi ko maintindihan kung saan galing yung galit nya sakin.

**Author's Note:** Si Kiko Evans..

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 57

**Author's Note:** Baka po tuesday na ang next update. Picture ni Kiko sa Chapter 56. Picture ni David sa dulo ⬇⬇⬇!

**Serve**

***Jay-jay's POV***

Two weeks! Two weeks na kami'ng tumutulong dito sa resto ni Eman. Nakakapagod pero parang banding narin namin to.

Tsaka sulit naman yung binabayad nya samin. Pinagluluto nya kami ng pagkain. *Pagkain!!*

Alam na din ni Kuya to. Pinagpa-alam ko na sa kanya para hindi nya ko kagalitan. Okay lang naman sa kanya except lang sa oras ng uwi. Inaabot kasi kami ng madaling araw.

**"Jay! Palinis ng table two!"** Utos ni Yuri.

*Oh daba? Sanay na kami!*

Sumunod naman ako at lumapit sa table two na malapit sa pinto. Habang nagpupunas ng lamesa, nakita ko sa labas na may dumating na kotse.

*Kotse ni Aries!*

At kasama nya yung mga classmate nya. Kung suswertihin ka nga naman talaga.

Agad kong dinala yung tray na may plato at baso sa kusina at tinawag sila.

**"Guys! Andyan yung grupo ni Aries!"** Sigaw ko.

Pare-pareho sila'ng napahinto. Naghihintay ng sasabihin ni Keifer. Pero si Eman ang una'ng nagsalita.

**"Wag naman sana kayo'ng mang-gulo dito!"** Paki-usap nya.

Muli sila'ng tumingin kay Keifer na tahimik lang na nakatingin sakin.

**"Tama si Eman! Wala muna'ng magsisimula ng away!"** Sigaw nya.

Agad ako'ng lumabas para asikasuhin yung ibang customer pero muka'ng sila lang yung nangangailangan ng asikaso.

*No choice!*

Lahat ng crew busy. Huminga muna ko ng malalim at kumuha ng menu. Lumapit ako sa kanila pero hindi ko pa nasasabi yung greetings namin, lumapad na ang ngiti ni Freya.

**"O.M.G! So it's true! Nag-waitress ka nalang talaga!"** Ngiti'ng ngiti na sabi ni Freya.

Ngumiti din ako sa kanya yung plastik. Plastik naman tong kaharap ko eh! May nagbaba ng tray ng tubig sa table nila. Akala ko si Yuri, dahil sya lagi ang gumagawa nun.

Pero si Keifer tong nasa harap ko.

**"Hahahaha... Keifer Watson? What the hell?!"** Sabi ni Mykel habang may pahampas-hampas sa lamesa.

Tumitingin na samin yung ibang customer. Muka kasi sya'ng tanga sa ginagawa nya. Napansin ko si Kiko na nagpilit lang ng ngiti sakin.

Para bang may gusto sya'ng sabihin.

Poker face lang si Keifer habang nakatingin sa kanila. Halata'ng naiilang si Ella kaya inakbayan sya ni Aries.

**"Keifer... Seriously? Naghihirap naba kayo?"** Tanung ni Mykel.

**"I don't know..."** Inosenteng sagot ni Keifer. **"..Why don't you ask my friend?"** Bigla sya'ng lumingon at sinenyasan ang kung sino na lumapit sa kanya.

**"B-bakit?"**

*Si Mica?* Adik ata tong si Keifer.

Naging seryoso yung muka ni Mykel. Hindi na maipinta at para'ng gusto ng manapak.

**"Andito ka din Mica?"** Sabi ni Freya.

*Bobita!*

**"Hindi! Wala sya! Picture lang yan! Hologram minsan!"** Pamimilosopo ko.

Agad na nagsalubong ang kilay ni Freya at nag-cross arm.

**"Uhmmm... Jay ako nalang kukuha ng order nila."** Presinta ni Mica.

**"No! We want Jay and Keifer to serve us."** Utos ni Aries.

Tinignan ko si Keifer. Gusto ko sana'ng itanung kung okay lang sa kanya pero sumagot na sya.

**"Okay."**

Nakatayo lang kami sa harap nila at hinintay ang mga order nila. Pakiramdam ko nang-iinis sila. Ang tagal kasi!

Napatingin ako sa iba'ng side kung saan nakatayo si Yuri at may kinakausap na customer.

*Buti pa sya... Sana dun nalang ako.*

Bwisit kasi tong mga to! Obvious naman na-----*Hala! Hala! Hala!*

Bigla nalang ako'ng inakbayan ni Keifer at kinabig palapit sa kanya. Anu ba to? Anu  na nama'ng balak nitong Hari ng mga ulupong?

*Ang puso ko!!!*

Ang bilis ng tibok! Daig pa yung nakipag-karera sa bilis. Hindi ako makagalaw. Nanigas na ata ako!

*Woah! Woah!*

May ilang beses ako'ng napalunok. Ayaw na ding dumaloy ng maayos ng dugo ko. Ang init ng muka ko!

**"Don't move."** Bulong ni Keifer.

*Aaarrrgghhhh...*

Sobra'ng lapit ng labi nya sa tenga ko. Nakikiliti ako! Jusme! Ang init ng hininga nya.

Hindi ako makahinga! *Oxygen! Pull Tank!*

**"****Ehem****"** pang-agaw ni Kiko sa atensyon namin.

Napatingin kami pareho sa kanya pero nakaakbay pa rin si Keifer sakin.

*Tengene nemen!*

**"I want to order this Ultimate Burger."** Sabi ni Kiko at binalik yung menu sakin.

Kinuha ko yung menu at sinulat naman ni Keifer yung order ni Kiko sa note na hawak nya. Kayalang inakbayan na naman nya ko pagkatapos.

*Umorder na kasi kayo! Uta'ng na loob!*

**"I'll have the same with bottomless ice tea."** Sabi ni Mykel at binalik din sakin yung menu.

Bumitaw ang Keifer para isulat yung order. Medyo lumayo na ko dahil baka akbayan na naman nya ko pagkatapos.

Binigay na rin nung iba yung order nya. Kahit para'ng nanadya. May mga request pa kasi sila, kagaya ni Freya. Salad nalang gusto pa'ng untian yung kung anu'ng dahon na sinasabi nya. Si Aries nanghihingi ng extra chilli. Ayaw daw ng half cook sa manok, ayaw din ng over cooked.

*Dami'ng arti!*

Dinala ni Keifer yung Note sa kusina. Binalik ko naman yung mga menu sa counter. Hindi ko napansin na sumunod pala sakin si Kiko.

**"Jay.."** Panimula nya. **"..pwede ba kita'ng makausap? Yung tayo lang?"**

Tumingin ako sa wall clock. Malayo pa yung break ko. Hindi ko pwede'ng iwanan yung mga kasama ko. Baka magalit sila sakin.

**"Pwedeng dito nalang... May trabaho pa kasi ako."** Paki-usap ko.

Walang nagawa si Kiko kundi ang pumayag. Wala rin naman sya'ng choice.

**"G-gusto ko sana'ng... Gusto ko sana'ng manligaw sayo. I haven't ask Aries about this because i want to hear your answer first."**

Yun nga lang... I'm speechless. Hindi ko alam yung sasabihin ko. Hindi ko naman kasi alam na may magtatangka pa palang manligaw sakin.

Honestly? I feel flattered. Crush ko pa rin naman si Kiko pero hindi na kagaya dati na kinikilig ako sa bawat paglapit nya. Siguro dahil sa dami ng mga nangyari.

Napatingin ako sa table nila kung saan nakatingin din pala si Aries samin. Wala na kasi sa isip ko na mag-boyfriend ulit.

**"Kiko... Kasi..."**

**"May problema ba dito?"** David interrupt.

Tinignan sya ng masama ni Kiko. *Naku! Baka dito pa mag-away tong dalawa na to!*

**"Wala nam----"** Kiko cut me.

**"Wala. Nag-uusap lang kami. Baka pwede'ng umalis kana."** Mahinahon nya'ng sabi.

Nakipagtitigan si David kay Kiko. Trying to intimidate each other. Napatingin ako sa paligid. Pati pala sila Ci-N nakatingin na rin samin.

*Wag naman sana sila mag-away!*

**"David... Baka kailangan kana sa loob."** Pang-agaw ko sa atensyon nya.

Nakay Kiko parin ang tingin nya. **"Ikaw din... Kailangan ka sa loob."**

**"S-sige."** Sagot ko at hinawakan sya sa braso para isabay na sakin.

Ayaw pa nya'ng sumama nung una pero hindi ako umalis ng hindi sya kasama.

**"Jay... Hihintayin ko yung sagot mo."** Sabi ni Kiko.

Hindi na ko nagsalita. Pumasok na kami ni David sa kusina.

**"Magpapaligaw ka talaga kay Kiko?"** Tanung sakin ni David.

Mukang narinig sya ng iba. Bigla nalang kasi sila'ng tumigil at tumingin sakin.

**"H-hindi ko alam."**

Feeling ko nasa hotseat ako. Nakakabigla naman kasi magtanung tong si David.

**"Gusto mo ba si Kiko?"** Tanung ni Yuri na nakatayo malapit samin.

**"A-anu... K-kasi..."**

**"Gusto mo sya."** Sabi ni Keifer.

Napalunok nalang ako. Crush lang naman yun eh. Hindi ibig sabihin na papayag ako agad-agad.

**"H-hindi... W-wala ako'ng balak magpaligaw."** Yun nalang ang sinagot ko sa kanila.

Lumabas ako agad. Baka hindi nila ko tigilan ng kakatanung. Bumalik ako sa counter kung nasan si Mica at nag-aayos ng menu.

**"Bantayan mo si David."** Bulong nya sakin.

*Ha?* Hindi ba dapat si Kiko ang bantayan ko.

**"B-bakit si David?"** Tanung ko.

**"Wala pa bang nagsabi sayo na nag-away dati si Kiko at David?"**

*Ay oo nga!* Naalala ko nun, sabi ni Kiko pinabagsak nya si David dati.

**"Narinig ko na yun dati. Pero hindi ko alam yung buong nangyari."** Sagot ko.

**"Hindi ko din alam. Pero si Kiko may gawa nung peklat ni David sa panga."** Sabi ni Mica at umalis.

Bigla tuloy akong naguluhan. Baka nga bigla nalang mag-away tong dalawa dito. Pero matalino naman si David, hindi naman siguro nya papatulan yung si Kiko basta-basta.

Gusto ko rin sana'ng malaman yung nangyari sa pagitan nila. Kung bakit nag-away sila. Sure ako'ng hindi magkukwento si David.

Isa lang ang kilala kong handa'ng magkwento kahit magulo magpaliwanag.

**"Ci-N! Tara break muna!"** Aya ko sa kanya.

Tumango naman sya at sumunod sakin. Sa backdoor kami dumaan. Inabot ko sa kanya yung burger na pinaluto namin kanina.

**"May tatanung ako."** Sabi ko at kumagat sa burger. **"...Anung nangyari kila David at Kiko?"**

Ngumuya muna sya bago magsalita. **"Yung away ba?"**

Tumango ako.

**"Hindi ko alam."** Sagot nya at muling kumagat sa kinakain.

*Ay!* Wala man lang ako'ng nasagap dito sa bata na to.

**"Basta alam ko lang, nireklamo ng A sila Kit at Eren. Nakipag-usap sila kay David. Hindi nga lang namin alam yung pinag-usapan. Tapos nabalitaan nalang namin na nagsusuntukan na sila sa lumang factory. Pagdating namin, dumudugo na yung muka ni David at may hawak na tubo si Kiko."** Dagdag nya.

Ayos! Diba nakasagap ako ng information kahit kaunti? Pero bakit naman gagawin yun ni Kiko.

Suntukan lang yung labanan pero kumuha sya ng tubo. Gusto ko sana'ng kausapin si David or Kiko tungkol dun. Kayalang syempre, napaka-tsismosa ko naman ata sa lagay na yun.

**Author's Note:** Si David Brewer...

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 58

**Author's Note: ⬇⬇⬇⬇⬇**!

**Good Morning**

***Jay-jay's POV***

Ang sakit ng katawan ko. Parang gusto ko ng magsisi na tumulong ako sa resto nila Eman. Pero sila Freya talaga ang may kasalanan nito.

Pinahirapan nila ako. Oo... Ako lang! Inalayo na namin si Keifer dahil mukang napikon sya ng pabalik-balikin sya ni Aries sa table nila.

Kaya ako lahat ang sumalo ng pahirap ng mga Animal.

Inihinto ni Yuri ang kotse nya sa tapat ng bahay namin. Halatang pagod na rin sya, buti nalang at hindi sya inaantok habang nagmamaneho.

**"Salamat Yuri... Sorry kung ikaw pa yung kinailangang maghatid sakin."** Sabi ko.

**"Okay lang... Atleast alam kong safe kang nakauwi."** Sabi nya at nag-smile.

**"Sige. Good nig----morning na pala."**

Past 2am na kasi nakapag-sara ng resto. Sa dami narin kasi ng customer. Mabuti na din yun para mabilis makabawi si Eman at makakuha na ng crew.

**"Good morning din."** Sabi ni Yuri.

Bumaba na ko at hinintay na maka-alis yung kotse nya bago pumasok. Nakabukas pa yung gate, alam kasi nila Tita na aabutin ako ng madaling araw.

Papasok na ko ng may humawak sa braso ko. Nagulat ako, baka kasi masamang tao pero si Kiko lang pala.

**"Sorry... Natakot ba kita?"** Tanung nya.

**"O-oo... Kala ko rapist ka na eh."** Sabi ko at ngumiti. **"..Bakit nga pala andito ka?"**

**"Gusto ko kasing masiguro na nakauwi kana. Hindi kita matext, wala ka naman kasing number sakin. Ayaw ibigay ni Aries."** Paliwanag nya.

**"Ahh... Baka naaaning lang si Aries."**

*Hindi baka, talagang aning yun.*

**"Jay... Yung tinatanung ko sayo."**

**"Ahmmm.. Hindi ko pa kasi napag-iisipan."**

**"Okay lang... Maghihintay ako."** Sabi nya at ngumiti.

Yun lang ata talaga yung dahilan nya kaya sya andito eh. Hindi makapaghintay, atat lang?

**"Anung hihintayin mo Kiko?"**

Pareho kaming natigilan. Mula sa likod ko at alam kong si Aries yun. *Bakit gising pa sya?*

**"Bakit hindi ka makasagot?"** Tanung ulit nya kay Kiko.

Umiwas ng tingin si Kiko. **"Dude kasi..."**

**"Tutal andito kana. Let's clear things right here, right now."** Sabi ni Aries at bahagyang lumapit kay Kiko. **"..Do you really like Jay-jay?"**

Huminga ng malalim si Kiko bago mag-nod. **"Actually, i'm planning to court Jay."** Pag-amin nya.

Aries chuckled. **"Not gonna happen."** He turns to me. **"..Get inside."**

Ayoko sana, kayalang galit na yung tingin sakin ni Aries. Tumingin ako kay Kiko at nagpilit ng ngiti. Pumasok ako sa gate pero hindi ako lumayo, gusto ko pa rin kasing marinig pag-uusapan nila.

**"Wala namang masama kung ligawan ko sya. Diba?"**

**"Jay-jay is not allowed to have a boyfriend. End of the story. You can go now."** Pagtataboy ni Aries.

**"Hindi ikaw ang magdi-disisyon tungkol dyan."**

**"Yes, I am. Leave!"**

**"Pare... Anu bang problema? Kilala mo naman ako."**

**"That's the reason why... I know you well."** Sabi ni Aries at pumasok.

Agad akong tumakbo papasok ng bahay. Hindi ako sigurado kung nakita nya ko pero hinintay ko sya sa loob.

**"N-nakaalis na si Kiko?"** Bungad ko pagpasok nya.

He arched a brow. **"May balak ka talagang magpaligaw sa kanya?"**

Umiling ako. **"W-wala..."**

**"Mabuti naman. Mahiya ka, yung ex mo nasa ospital pa tapos kukuha ka na naman ng bago."** Sabi nya at umalis na sa harap ko.

Pumunta na ko sa kwarto ko. Pagod na pagod na yung katawan ko. Ayoko sanang mag-isip ng kung anu pero bumibigat yung pakiramdam ko tuwing nagbabanggit si Aries ng tungkol sa nakaraan ko.

Pabagsak akong nahiga sa kama. Hindi na ko nagbihis. Gusto ko ng matulog at ipahinga ang lahat. Buti nalang at wala kaming pasok bukas----mamaya pala.

Makakatulog ako hangang tanghali. After lunch pupunta na ko sa resto dahil may pag-uusapan daw kami.

Pumikit ako at hindi na nag-isip. Dala ng sobrang pagod kusa din akong nakatulog.

.
.
.
.
.
.
.
.

Nagising ako dahil sa tunog ng phone ko. Hindi naman ako nag-alarm, kaya kahit ayaw dumilat ng mata ko kinuha ko yung phone ko sa bag.

Tawag pala, pero hindi ko makita yung caller. Sinagot ko nalang.

**"Hello?"**

**["*Asan kana Jay?*"]** Boses ni Ci-N.

**"Sa bahay..."**

**["*Bilisan mo. Ikaw nalang hinihintay namin dito.*"]** Sabi nya at napatingin ako sa oras sa wall clock.

*Hala!* 3pm na. Napabalikwas ako ng bangon at nagtatakbo sa banyo. Nawala na sa isip ko na may kausap ako sa phone.

Mabilis ang naging kilos ko. Nakakahiya! Baka masabihan pa kong VIP.

Pagkabihis, kahit hindi pa ko nagsusuklay tumakbo na ko palabas.

**"Jay-jay! Kumain kana!"** Utos ni Tita ng masalubong ko sya.

Pagkasabi nya nun, awtomatikong tumunog ang sikmura ko. Dahil late na ko, kumuha nalang ako ng apat na slice at bottled water sa kusina.

Tumakbo na ulit ako palabas. Pagbukas ng gate, kotse ni Keifer ang bumungad sakin.

**"Alam mo bang kanina pa ko dito?!"** Galit na sabi ni Keifer habang nakasandal sa kotse nya.

**"H-Hindi... Sorry."**

**"Sakay."** Utos nya bago sya sumakay.

Sumunod naman ako. Kung tutuusin wala naman akong sinabi na hintayin or sunduin nya ko. Kaya bakit sya nagagalit sakin? At bakit din nya ginagawa to?

**"Bakit mo pala ako sinundo?"** Tanung ko bago nya paandarin ang kotse.

**"I woke up late. Nagtext sakin si Yuri asking if i could pick you up since meron pa syang gagawin at hindi kana masusundo."** Sagot nya.

Ahh kaya pala. Bait talaga ni Yuri. Concern sakin.

Kumain na ko habang nasa byahe. Nagugutom na kasi talaga ko.

**"Can I have one? I haven't eaten anything yet."** Tanung ni Keifer.

Naawa naman ako at inabot sa kanya yung isa. Hindi nya kinuha, ngumanga lang sya. Obvious naman na nagpapasubo ang luko.

Pumutol ako at sinubuan sya. Ewan ba, bigla nalang ako nakaramdam ng kakaiba nung dumikit yung daliri ko sa labi nya.

*Anu yun?*

Hindi ko nalang pinansin at sinubuan ulit sya. Naubos na nya yung isang slice kaya inubos ko na rin yung sakin at uminom ng tubig.

**"Jay.."** panimula nya. **"..Wala ka namang balak na magpaligaw kay Kiko, right?"**

**"Wala... Ayoko munang mag-boyfriend. Sakto naman at ayaw din nila Tita."** Sagot ko.

Hindi na sya nagsalita hangang sa makarating kami sa resto. Andun na yung iba at mukang kakadating lang din ni Yuri.

**"Yuri! Good mor----afternoon pala!"** Bati ko habang kumakaway sa kanya.

**"Good afternoon din."** Balik nyang bati sakin habang nakangiti.

Magkakasunod kaming pumasok sa resto. Mukang hindi pa sila nagsi-simula at talagang hinintay kami.

**"Hindi ba uso suklay sa inyo?"** Bungad sakin ni Ci-N.

**"Nagmamadali kaya ako!"** Sagot sa kanya habang sinusuklay ng kamay ang buhok ko.

Naupo ako sa tabi nya at kumuha ng fries na nakahain sa table. Mukang pinakain na sila ni Eman. Buti pa sila!

*Napapala ng late!*

Lumabas yung tatlong crew ni Eman mula sa kusina. Kasunod naman nila yung amo nila.

**"I have a good news!"** Panimula ni Eman na nagpatahimik saming lahat. **"...Okay na yung Dad ko and pwede na syang magtrabaho ulit. Makaka-aattend na ko ng class ng walang absent."**

Nagpalakpakan kami. Kahit kasi tinutulungan namin sya sa resto may pagkakataon na hindi pa rin sya pumapasok. Actually kami din, madaling araw na nga kasi yung uwi namin kaya yung iba hindi na pumapasok.

**"...Nakakuha na ng loan si Mom..."** Pagpapatuloy nya. **"...Which means makakabalik na yung mga original crew namin."**

Tumahimik ang lahat at parang hindi natuwa sa balita.

**"Hindi na kami magtatrabaho dito?"** Tanung ni Eren na parang nanghihinayang.

Tumikhim si Eman. **"Oo... Good news yun, hindi ko na makikita yung mga pagmumukha nyo."**

Bigla nalang naghiyawan ang mga luko.

"*Grabe ka!*"

"*Ang harsh mo samin!*"

"*I-bully yan!*"

**"...Lastly, gusto kong mag-thank you sa inyo! Hindi ako nagsisi na napunta ako sa E..."** Sabi nya at ngumiti. **"...Bilang pasasalamat. Ipagluluto ko kayo!"**

Malakas na palakpakan at hiyawan ang sinagot namin sa sinabi nya. Pero may kaduktong yan.

**"...Sa school tuwing lunch!"** Sabi nya bago tumingin sakin kaya nagtinginan din yung iba.

**"Napag-usapan na kasi namin ni Eman na kailangan nyo talaga ng tagapag-luto dahil tamad din kayong magbaon. Ayaw nya nung una pero syempre, *makulit* ako ih!"** Paliwanag ko.

**"Honestly? Feeling ko kaya ka lang nagprisinta tumulong dahil para don."** Sabi nya.

**"Nung una hindi... Pero pagtagal, oo."** Sagot ko at ngumiti ng nakakaloko.

Inabot ako ng syam-syam para mapilit sya. Kulang na lang lumuhod ako at magmaka-awa. Pumayag sya pero sabi nya, kailangan daw nya ng katulong.

Sino pa ba? Kundi ako!

**"So get ready guys! were opening in 40mins!"** Sigaw ni Eman.

Kaya nagtayuan na ang mga ulupong. May nag-inat at naghikab. Parang ang tagal na nilang naghihintay dito.

**"Pwede bang kumain muna?!"** Tanung ni Keifer.

**"May bayad na yun, pinakain ko na sila eh!"** Sagot ni Eman.

**"Oo na! Oo na!"** Tumingin sakin si Keifer. **"...Kakain kaba?"**

Nag-nod ako agad. Kahit kasi kumain na ko ng slice gutom pa rin ako.

**"Dalawa kami! Si Jay-jay magbabayad!"** Sigaw ulit ni Keifer.

Impakto tong animal na to. Akala ko ililibre ako. Tapos biglang sasabihin na ako yung magbabayad. *Hanep! Wala akong masabi!*

Matalim na irap ang binigay ko sa kanya. May pera naman ako kaya babayaran ko nalang. Hindi rin ako pwedeng tumanggi kasi may utang pa ko kay Keifer.

*Pisti!* Hindi na talaga ko mangungutang sa animal na to!

**Author's Note:** Si Ella Dianne Hyun...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 59

**Author's Note:** Si Michael Aries Fernandez po ay nasa dulo.. Sorry po sa matagal na paghihintay.

**Supply**

***Jay-jay's POV***

**"Hindi nyo po talaga nakita?"** Tanung ko ulit sa maid.

**"Hindi po talaga. Pasensya na po Miss Jay."** Sagot nya sakin at lumabas na ng kwarto ko.

Kanina ko pa hinahanap yung Batman vs. Superman na T-shirt ko. Binili ko dati yun at dahil sa sobrang pagpapahalaga ko dun, once in a blue moon ko lang kung suotin.

Nailabas ko na lahat ng laman ng kabinet ko pero wala pa rin. Feel ko pa naman ipagmayabang ngayon yun. Andyan na naman kasi yung grupo ni Aries sa Sala.

Hindi ko alam kung anu yung Monkey business nila pero wala si Kiko me'crush.

*Me'crush nalang! Hindi na Loves!*

At wala rin akong balak lumabas ng kwarto ng hindi ko suot yung Batman vs. Superman kong T-shirt. Pinagtawanan kasi nila tong suot kong bulaklakin na ewan kanina nung makita nila ko.

Kaya kailangan kong magyabang. Habang naghahalungkat may nakita akong pamilyar na short shorts. Favorite ko dati, kaya na-excite akong tignan.

Denim short yung design pero preskong suotin kaya naging paborito ko.

Humarap ako sa salamin at sinipat-sipat yung short habang nakapatong sa harap ko. Muka kasing lumiit na.

Naisipan kong suotin at tama nga ako. Sobrang liit na sakin. Nagmukang cycling shorts na dahil sa ikli.

**"Miss Jay..."** Tawag sakin nung isang maid. **"...May naghahanap po sa inyo sa baba. Classmate nyo daw po. Pinapasabi din po na bilisan nyo at ayaw po nila ng naghihintay."**

Parang kilala ko na. Mainipin, mukang si Keifer kumag na naman. Umalis na yung maid kaya sumunod ako. Hinayaan ko na yung short na suot ko.

*Feeling sexy ako sa short ko!*

Napahinto ako sa may Sala ng makitang kumpleto na yung grupo ni Aries. Kasama na si Kiko at Freya'ng bruha.

**"Hoy! Lalabas ka ng ganyan?!"** Iritang tanung sakin ni Aries.

Tinignan ko yung sarili ko. Wala namang problema. Except sa maikli kong short.

*Pero sexy ako dito!*

**"Wala namang problema----"**

**"Ang ikli ng suot mo! Palitan mo nga yan!"** Utos nya.

Dinilaan ko lang sya at mabilis na naglakad palabas. Bahala sya! Basta sexy ako dito sa short ko.

Paglabas, hindi lang pala si Keifer ang naghihintay sakin.

**"Witwiw!"** Pito ni Kit ng makita ako.

Sabay sabay pang napatingin sakin yung iba. Si Keifer agad na napataas ng isang kilay. Si Eman naman, hindi malaman ang magiging reaksyon.

**"Sexy!"** Tawag sakin ni Ci-N habang nakatawa.

**"Puti ng legs!"** Sabi ni Eren.

Nag-uumpisa na kong makaramdam ng hiya. Pare-pareho na kasi nilang pinag-mamasdan ang legs ko. Sumobra yung ka-sexy-han ko.

**"B-bakit kayo nandito?"** Tanung ko.

**"Bibili tayo ng supply. Sabi mo sakin tutulungan mo ko."** Sabi ni Eman.

**"Ay oo nga..."** Tinignan ko sila Ci-N. **"...bakit kasama pa sila?"**

**"Gusto naming sumama."** Sabi ni Kit.

Nahagip ng paningin ko si Keifer. Para syang naiinis na hindi maintindihan habang nakatingin sa legs ko.

**"Okay... Bihis lang ako."** Paalam ko sa kanila pero pinigilan nila ko.

**"Ganyan ka nalang!"** Sabi ni Ci-N at pilit akong sinakay sa kotse.

Toyota Hiace ang gamit nila. Mukang kay Eman to dahil sya ang may hawak ng susi.

**"T-teka lang... Hindi pa ko nag-papaalam!"** Sabi ko.

Hindi nila ko pinansin at nagsisakay na. Si Keifer ang katabi ko sa kaliwa. Samantalang si Ci-N naman ang sa kanan.

Si Kit ang nasa passenger seat at si Eren solo ang pwesto sa likod.

Ang muka ni Keifer hindi pa rin maipinta. Nag-uumpisa na kong matakot sa kanya.

Sa Mall kami dumiretso. Nakaramdam ako ng hiya sa suot ko. Bukod kasi sa maikling short. Medyo manipis tong bulaklakin kong blouse.

*Bakit ba ko nag-blouse?*

Pagdating sa Mall, nagpa-una na yung tatlo. Nag-aasaran pa sila habang tumatakbo. Si Eman ang kasabay ko samantalang nasa hulihan si Keifer.

**"Department store tayo."** Sabi ni Keifer.

Hindi naman kumontra si Eman kaya duon muna kami nagpunta. Nawala na sa paningin namin yung tatlo.

Akala ko didiretso kami sa mga Kitchen wear. Pero bigla nalang akong hinawakan ni Keifer sa braso at kinaladkad papunta sa Ladies Section ng mga damit.

**"A-anu tayo dito?"** Tanung ko sa kanya.

Nawala na rin si Eman. Mukang nahiwalay na samin.

**"Ibibili ka ng damit."** Sagot nya.

**"Wala akong pera. Tsaka marami akong damit sa bahay."**

**"Then why did you choose to wear that?!"** Irita nyang tanung.

Pinagtinginan kami ng agad ng mga taong malapit samin. Eskandaloso kasi tong Kumag na to.

**"Pambahay kaya to! Kaya nga sabi ko magbibihis ako!"**

Nagsalubong ang kilay nya. **"You wear that in front of Aries? At wala man lang ginawa ang bobong yun?!"**

*Grabe naman to sa Bobo!*

**"Hoy! Pinsan ko pa rin yun!"**

**"Alam ko may bisita kayo, at hinayaan ka nyang ganyan ang suot sa harap nila?!"**

**"H-hindi naman... Ngayon ko lang kasi ulit to sinuot."**

**"Kung ganyan lang din ang balak mong suotin, wag ka ng magdamit!"** Galit na sermon nya sakin.

Agad kaming pinag-bulungan na ikina-irita ko.

"*Protective si Boyfie.*"

"*Seloso yata.*"

"*Ganyan din yung bf ko sakin, kapag maikli suot ko.*"

Gusto kong sumigaw at sabihin sa kanilang hindi ko boyfriend ang hayop na to.

*Wag na! Sayang effort!*

Mabilis na nag-ikot si Keifer at kumuha ng kung ano-anong damit. Pagbalik nya, pinahawak nya sakin yun at pilit akong tinulak sa loob ng fitting room.

**"Makatulak naman to!"** Sigaw ko sa kanya na umagaw ng pansin ng iba.

**"Choose and wear it immediately!"** Utos nya.

Sa totoo lang, naiirita na ko sa kanya. Masabi-masabi! Abnormal! Sa dami ng kinuha nya, bumagsak ako sa ripped jeans at t-shirt.

**"Okay na?!"** Sarkastikong tanong ko sa kanya paglabas ko ng fitting room.

**"Next time na isuot mo pa ulit yan. Pupunitin ko yan habang suot mo."** Banta nya sakin.

Punit agad?! Grabe talaga tong Hari ng mga ulupong. Ganyan din sinabi nya sakin nung nasa clinic kami at nag-aaway. Mahilig sigurong mamunit ng damit to.

Dumiretso sya sa cashier at binayaran ang suot ko. Binalot din nila yung pinalitan kong damit.

Nakita namin si Eman na nakatayo malapit sa mga appliances. Mukang tinatawagan nya kami dahil binaba din nya yung phone nya nung matanaw nya kami.

**"Change outfit?"** Tanung nya sakin.

**"Yan kasi!"** Sabi ko sabay turo kay Keifer na nagpa-una sa paglalakad.

Kumuha kami ng mga gamit pang-kusina. Kasirola, kawali, sandok at kung anu-anu pa.

Pinag-usapan din namin kung kukuha ba kami ng mini ref. Pero itatanung pa daw namin yun sa buong Section E. Papalitan din ni Eman yung rice cooker na nasa room, maliit daw kasi yun at magdadala sya ng mas malaki.

Pagkatapos sa Department Store dumiretso kami sa Grocery Store. Andun na sila Ci-N at mukang kanina pa pa-ikot ikot habang nakasakay sa push cart.

**"Bumaba ka nga dyan Ci!"** Sita ko sa kanya.

Bumaba naman sya at tinignan ako mula ulo hangang paa. **"Change outfit?"**

Hindi na ko sumagot. Mukang nagmamadali si Eman, kaya sumunod agad kami sa kanya.

**"Jay... Dumiretso kayo ni Keifer sa dry goods."** Utos ni Eman.

Pumunta naman kami dun at dumanpot ng mga de latang pagkain.

**"Panu pala yung utang ko sayo?"** Tanung ko kay Keifer habang naniningin ng mga bibilhin.

**"Edi ipag-baon mo pa rin ako o kaya ikaw ang magluto ng kakainin ko."**

Hassle naman yun. Iba pa yung kakainin nya sa kakainin nung iba. Ang daming arte nito!

Sandaling nag-ring ang phone ni Keifer. Sinagot nya yun at hinayaan ko syang makipag-usap. Patuloy lang ako sa pagtingin ng may bahagyang bumangga sa push cart ko.

Hinintay kong mag-sorry yung nakabangga pero hindi sya nagsasalita kaya tinignan ko nalang.

*Woah!*

Si Kuya'ng blue eyes! Naka-smirk sya at nakatingin sakin. Pinagtaasan ko sya ng kilay. Hangang dito ba naman?!

**"Hey..."** Bati nya.

**"Hoy..."** Sagot ko at bahagya syang tumawa.

**"Small world."** Sabi nya.

**"Sige nga... Ganu kaliit?"** Pamimilosopo ko.

**"Enough to bump your push cart."**

Tinignan ko yung pwesto nya at kung gano kalaki yung daan. Gusto kong sampalin tong lalaki na to.

*Kasya pa tatlo push cart!*

**"Talaga lang ah?"** Sagot ko sa kanya.

Tinulak ko ulit yung cart at naningin ng mga pwede pang kunin. Pero nakasunod pala sakin si Kuya'ng blue eyes.

**"Boyfriend mo ba yun?"** Tanung nya.

**"Sino?"**

**"Yung lalaking kasama mo na may kausap sa phone."** sagot nya habang nakaturo sa pwesto ni Keifer na medyo malayo na sakin.

**"Hindi noh! Napulot ko lang sa tabi-tabi yan!"** Sabi ko at muling naglakad.

**"So pwede pala kitang ligawan."**

**"Hindi."** Mabilis kong sagot.

**"Why?"**

**"*Why* ka dyan. Hindi po kaya kita kilala."** Paglilinaw ko.

Tumawa sya at sandaling tumingin sa pwesto ni Keifer.

**"Bakit sya napulot mo lang pero sumama ka?"** Tanung nya.

*Ay bopol!*

Akala ba nya totoo yung sinasabi ko na napulot ko lang si Keifer. Kakaiba!

**"Bangag kaba? Malamang joke lang yun."**

**"Hahahaha... I know, I'm just kidding too."**

Sandali akong napatingin kay Keifer na may kausap pa rin sa phone. Bumalik ako ng tingin kay Kuya'ng blue eyes. Hawak na nya yung phone nya.

**"Tsk! Bad news, i have to go."** Sabi nya.

**"Great news sakin yun!"** Sabi ko at napag-appear ang kamay ko.

Tumawa lang sya at naglakad na paalis. Sakto namang lapit sakin ni Keifer.

**"Hinahanap na tayo nila Eman."** sabi nya at tinulak na yung push cart.

Sa cashier na kami nagkita-kita. Habang nakapila, pinaliwanag ni Eman na sa kanya muna lahat supply at aagahan namin ang pasok para maayos ang room.

Kailangan pa nga pala naming linisin yung room. Alisin yung mga karton at yero sa likod.

Pagkatapos makuha lahat ng pinamili namin. Sa saksakyan na tinuloy ni Eman ang paliwanag. Kailangan din daw naming maningil sa Section E. Baka masanay ng libre! *Mahirap na!*

Ako ang unang inihatid nila. Pagpasok sa gate si Aries agad ang sumalubong sakin.

**"Asan na yung suot mo kanina?"** Tanung nya.

Inabot ko sa kanya yung paper bag. Akala ko titignan lang nya pero nagulat ako ng maglabas sya ng lighter at sinindihan yung short sa harap ko.

**"B-bakit?"**

*Sayang yung short!*

**"Para hindi mo na masuot pa ulit."** Sabi ni Aries at hinintay maabo yung short.

Hanep yan! Baka naman si Keifer at Aries talaga ang magkalahi. Pareho pa silang naiinis sa short ko. Hindi naman sila inaano.

*Kawawang short. Sumalangit ka nawa!*

**Author's Note:** Si Michael Aries Fernandez----sungit!

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 60

**Author's Note:** Si Kuya Michael Angelo Fernandez po sa dulo...

**Two Red Line**

***Jay-jay's POV***

6am. Eto ako at naglalakad papuntang school ng ganitong oras. Yun kasi ang usapan namin nila Eman.

Pero inaantok pa rin ako. Feeling ko hindi tumalab yung malamig na tubig na pinan-ligo ko.

**"*Yaaawwwnnnn....*"**

Kainis! Dapat talaga maaga ako natulog. Pinag-luksa ko kasi yung short ko na sinunog ni Aries.

*Sumalangit nawa.*

Habang naglalakad, may bigla nalang humawak sa ulo ko. Agad kong inalis yung kamay at tinignan ng masama yung gumawa nun.

**"Good Morning!"** Bati sakin ni Yuri.

*Pfftt... Si Yuri lang pala.*

**"Good Morning din! Ba't ang aga mo?"** Tanung ko sa kanya. Bigla nalang akong napatingin sa mata nya.

Pilit nyang iniwas yun pero hinawakan ko yung muka nya para hindi maka-galaw.

**"B-bakit?"**

**"Naka-contacts kaba?"** Tanung ko at mas lalu pang inilapit ang muka ko sa kanya.

**"O-oo."**

Binitiwan ko sya pero nakatingin pa rin ako sa mata nya.

**"Bagay sayo... Atleast wala ng sagabal sa muka mo."**

**"S-Salamat."**

Ngumiti ako at bumalik na sa paglalakad. Sumunod naman sya sakin.

Parang lalung gumwapo si Yuri. *Ahihihihi...*

Pagdating sa room, nag-uumpisa ng maglinis si Eman at si Ci-N, natutulog. Luko talaga, pumunta nga pero para matulog lang naman.

**"Good Morning Eman!"** Bati ko sa kanya na nilakas ko talaga para magising yung isa.

Pero walang talab. Tulog pa rin.

**"Good morning... Kayo lang?"** Tanung nya ng mapansing dalawa pa lang kaming pumasok.

Usapan kasi itetext yung buong klase at bahala silang magkusa na pumunta. Pero walang nag-kusa.

*Ang galing galing!*

Si Ci-N sana pero tulog naman. Wala kaming magagawa kung gaganyan-ganyan sya. Lumapit ako sa kanya at bahagyang niyugyog sya pero hindi pa din gumagalaw.

**"Ci! Gumising ka na!"** Sabi ko habang patuloy sa pagyugyog.

Unggol lang ang sinagot sya sakin. *Pasaway tong bata na to!*

**"Hayaan mo na sya."** Sabi ni Yuri habang inilalabas yung mga karton na nakatakip sa likod.

Nakaramdam naman ako ng inis. Bago lumapit kila Eman, pinitik ko muna yung tenga ni Ci-N.

*Walang talab! Kingina.*

Tinanggal na namin yung mga karton, yero at plywood na nakatambak sa likod. Bumungad yung shoe rack. Parang locker na walang takip.

Nakita ko na naman yung pangalan ni Ella at Keifer pati puso na nakapagitan sa kanila.

**"Hindi ba natin tatanggalin mga pangalan?"** Tanung ko.

**"Tanggalin na siguro. Baka pagnakita ni Keifer to, maghurumintado bigla."** Sagot ni Eman.

Pinagtatanggal namin yung pangalan. Inuna ko yung pangalan ni Ella Dianne Hyun. Walang ibig sabihin yun, pangalan lang talaga nya yung katapat ko.

Sa totoo lang, muka namang mabait si Ella, pero bakit kaya sya napunta sa E dati?

**"Bakit napunta si Ella sa Section E dati?"** Biglang tanung ko na nagpatigil kila Eman at Yuri.

Nagpalitan muna sila ng tingin bago sumagot.

**"Si Ella kasi..."** Panimula ni Yuri habang naghihimas ng batok. **"...Maybe she looks like an angel outside but it's the opposite when she get mad."**

Nakatingin lang ako kay Yuri. Hinihintay kong tapusin nya yung paliwanag nya. Mukang nakaramdam naman si Eman kaya sya na nagtuloy.

**"Nakipag-away si Ella dati. Sa bigat ng kamay nya, nagkaroon ng poknat sa ulo yung kaaway nya. Dumugo din yung ilong at puro pasa sa muka. Hindi naman sila mayaman kaya nagkaroon ng problema kung kick out or suspension."** Paliwanag ni Eman.

*Ay napakatapang pala.*

**"Naki-usap yung pamilya ni Ella kaya dinala sya Section E kasunod ng suspension."** Pagtatapos ni Eman.

*Kaya pala.* Dati ko pa din kasi iniisip yun. Ang ganda pa naman ng muka nya. Kaya pala nung nag-uusap kami dati tungkol kay Mica bigla nalang sya nagalit na parang ang lalim ng pinanggalingan. Ang tapang pala kasi nya.

*Alam kaya ni Aries yun?*

**"Panu sya napunta sa A?"** Tanung ko.

Pagkakataon ko na to para maki-tsismis. Open silang pagusapan yun. Wag sayangin ang pagkakataon.

**"Those are none of your business."**

Pare-pareho kaming natigilan. Feeling ko binuhusan kaming lahat na malamig na tubig.

**"Keifer... Were just----"**

Keifer cut Yuri. **"Shut up!"**

Umayos ako ng tayo at humarap kay Keifer. Galit ang tingin nya sakin at feeling ko kanina nya pa ko pinatay sa isip nya.

Lumapit sya sakin at tinignan ako sa mata. **"Paki-alamera ka talaga no?! Pati istorya ng iba inaalam mo pa!"**

**"H-hindi naman sa ganon... Na-curious lang ako."** Sagot ko.

**"Naniniwala kaba sa kasabihang '*Curiousity kills the cat*'?"**

Umiling ako. Kasi hindi ko naiintindihan yung kasabihan na yan. Oo..para sa mga curious yun pero hindi ko sure yung kabuuan.

Lalung lumapit sakin si Keifer at tinapat ang labi nya sa tenga ko.
**"Simulan mo ng maniwala."**

*Goosebumps...*

Buong katawan ko ata ang nangilabot nung bumulong sya sakin. Grabe!

Umalis ang Keifer pero nag-iwan muna sya ng matalim na tingin kay Yuri.

**"Next time nalang natin pag-usapan si Ella."** Sabi ni Eman at bumalik na sa ginagawa.

Sumunod naman ako pero ang totoo, tuliro pa rin ako sa binulong ni Keifer sakin.

*Kasi naman!*

Bakit ba parang nagkakaroon ng impact sakin tong si Keifer? Kainis!

Patuloy kami sa paglilinis at patuloy din si Ci-N sa paghihilek. Dumating na yung ibang ulupong, meron tumulong samin pero meron din nakitulog nalang.

Nilalabas ko na yung basurang naipon namin ng makita ko si Denzel na palakad-lakad sa labas malapit sa hagdan. Meron syang hawak na puting bagay at parang hindi mapakali.

**"Hoy Denzel!"** Tawag ko na ikinabigla nya. Naihagis nya bigla sa kung saan yung hawak nyang puting bagay.

Lumapit sya sakin at nagpilit ng ngiti. **"Good morning!"** Bati nya at tuloy-tuloy na pumasok sa room.

Hindi na hinintay yung sagot ko. Napapanu yun? Naalala ko yung puting bagay na hawak nya.

Ewan ba....nangati yung utak kong hanapin yun. Hindi ako sigurado kung saan napunta pero hinanap ko pa rin.

Halos isabog ko na yung mga basura malapit sa hagdan. Gawin daw ba kasing tambakan. Hangang sa may nakita akong puting bagay sa unang baitang ng hagdan.

Hindi ako sure kung eto nga yun pero kinuha ko pa rin.

*Pregnancy Test?*

Bakit meron nito dito? Ang masama pa, two red lines. Sabi ng teacher ko dati '*Positive*' daw ibig sabihin nun.

*Teka! Teka!*

Kung eto nga yung puting bagay na hawak ni Denzel. Ibig sabihin...

*BUNTIS SI DENZEL?!*

Ay mali! Lalaki nga pala si Denzel. Ibig sabihin...

*NAKABUNTIS SA DENZEL?!*

Nanlaki yung mata ko sa na-realize ko. Pero sinong nabuntis nya? Anu ng mangyayari sa pag-aaral nya?

Kailangan ko syang makausap. Pero mamaya nalang dahil mukang ayaw pa nyang sabihin sa iba.

Tinago ko yun Pregnancy Test. Bumalik ako sa room pero nakay Denzel yung tingin ko.

**"Bakit ang tagal mo?"** Tanung sakin ni Yuri.

Iling lang ang sinagot ko.

**"Okay ka lang ba?"** Tanung nya ulit.

Tumango ako.

**"Bakit hindi ka nagsasalita?"**

Iling ulit ako.

**"Jay! Patulong dito!"** Tawag sakin ni Eman.

Iniwanan ko si Yuri na may pagtataka pa rin sa muka. Tinulungan ko si Eman na ipwesto yung mga supply.

Lahat ng mga dry goods inilagay na naming ng separate shoe rock. Isang space sa de lata at ibang space sa iba pa.

Lahat ng appliances sa itaas na part ng shoe rack. Meron ding dalang electric stove si Eman. Ref nalang ang kulang, kusina na ang drama ng likod na part ng room namin.

**"Okay na!"** Sigaw ni Eman na nagpa-palakpak sa mga ulupong. Dun ko lang napansin na gising na si Ci-N.

*Gising na ang prinsepe ng mga ulupong.*

**"Ang galing! Gising na ang magaling!"** Sabi ko sabay tingin ng masama kay Ci.

Impakto kasi! Dumating na si Sir Alvin kasunod yung Hari ng ulupong. Hindi ko sya tinitignan. Nabubusit kasi ako. Baka magsimula lang kami ng away kapag nagtagpo ang tingin namin.

Nagsimula na ang klase. Pero nae-excite ako sa lunch time. Kasi magluluto na kami ni Eman.

Papaturo ako sa kanya. Hindi rin kasi ako marunong magluto. Mga maid ni Tita ang nagtuturo sakin nitong nakaraan pero nawalan na ata sila ng tyaga.

**"Anu iluluto nyo mamaya?"** Bulong sakin ni Ci-N.

**"Hindi ko-----"**

Napatigil kaming lahat. Bigla nalang kasing pumasok si David sa pinto. Puro pasa ang muka at iika-ika maglakad.

**"A-anung nangyari sayo?"** Tanung ko.

Umiling lang ang David at umupo sa tabi ko. Nagpalitan ng tingin ang mga ulupong at parang nag-uusap sila sa mga isip lang nila.

*Ang creepy naman.*

**"May naka-away kaba?"** Tanung nila Kit kay David.

Merong binulong si David sa kanila. Parang naging switch yun at naging dahilan ng pag-iiba ng mood ng mga binulungan nya.

Anu kayang binulong ni David? Feeling ko hindi maganda. Hindi naman mag-babago mood nila Kit kung maganda yun.

Tinignan ko si Ci-N pero nag-kibit balikat lang sya. Binalik ko nalang yung tingin ko sa harap. Nag-sisimula na kasi si Sir.

Kahit walang nakikinig nagtuturo pa rin si Sir. Hindi kasi nakikinig yung mga ulupong. Pati ako, hindi rin nakikinig. Lutang ang utak ko.

Hangang sa medyo naririnig ko na yung mga pinag-uusapan nila. Lumalakas kasi mga boses nila Kit.

"*Kelan natin babalikan?*"

"*Mamaya daw.*"

"*Sino-sino daw ba?*"

"*Grupo ni Kiko Evans.*"

Natigilan ako dun. Grupo ni Kiko? Nag-away na naman ba sila ni Kiko? Kasama ba si Aries dun?

*Gulo na naman to!*

**Author's Note:** Si Kuya Michael Angelo Fernandez po... Sana ikaw nalang Kuya ko 😙..

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 61

## Allowed or Not Allowed

***Jay-jay's POV***

Hindi ko naramdaman yung lunch. Pati yung luto-luto namin, hindi ko feel. Iniisip ko kasi yung pinag-uusapan nila kanina. Si Kiko daw yung babalikan nila. Ibig sabihin nag-away na naman sila David at Kiko.

*Naiintriga ako!*

**"Jay! Nakikinig kaba?"** Tanung sakin ni Eman.

**"H-ha?"**

**"Sabi ko itapon mo na yung mga basura sa labas."** Utos nya.

Para akong wala sa sarili na kinuha yung supot ng basura sa harap ni Eman. Kasi naman....

*Eto ka na naman Jay!*

Tsk! Kaasar naman. Anung mga balak nila?

Paglabas, nakita ko na nagkukumpulan sila Keifer at iba pa. Para bang napaka-seryoso ng usapan nila.

Ng mapansin ako ni Keifer agad nya kong tinignan ng masama kaya bumalik ako sa loob.

*Kala mo laging inaano.*

Parang may meeting na hindi ko maintindihan. Kanya-kanya kasi sila ng usap. Si David lang ang tanging nanahimik sa upuan nya.

Umupo ako sa pwesto ko at humarap sa kanya.

**"David..."** Tawag ko sa atensyon nya. **"...Anu bang nangyari sayo?"**

Nagpilit sya ng ngiti. **"Wala to..."**

**"Anung sabi ng girlfriend mo?"**

Hindi ko maiwasang hindi magtanung.

**"Hindi nya alam... Nasa Hongkong sila ngayon."**

**"Nag-away ba kayo ulit ni Kiko?"**

Natigilan sya sandali. Para bang inisip pa nya kung dapat ko pang malaman yun.

**"Jay... Nililigawan kaba ni Kiko?"** Tanung nya.

Napansin kong nakikinig na rin samin yung iba.

**"H-hindi... Ayoko munang tumanggap ng manliligaw. Sinabi ko na yun dati diba?"**

**"Pinagkakalat nya sa mga kaibigan nya na mapapa-sakanya ka. Hindi ko nagustuhan yun, kaya nagtalo kami."**

Aaminin ko, nabigla ako sa sinabi nya. Pinagkakalat talaga?! Hindi ko pa nga sya pinapayagan na manligaw. Kamusta naman sya?!

**"Seryoso?! Ginawa nya yun?!"**

Tumango sya at umiwas ng tingin. *Hanep!* Ayos din ang lalaking yun. Mukang may tama din sa utak.

Dumating na yung teacher namin at umayos na lahat. Hindi ako mapakali, gusto kong makausap si Kiko.

Mabilis na natapos ang klase namin. Tinulungan ko si Eman na maglinis at ligpit. Kagaya ng usapan namin.

Akala ko sabay sabay kaming uuwi pero pagdating sa gate pinapahiwalay na nila ko.

**"Saan kayo pupunta?"** Tanung ko.

**"Basta... Bawal ka don."** Sagot sakin ni Rory.

**"Bakit naging bawal?"** Tanung kulit.

**"Wag na matigas ulo."** Pilit ni Edrix.

**"Bakit ba ayaw nyo ko isama?"**

**"Dahil hindi ka nga pwede dun!"** Pilit ni Kit.

Kasi makikipag-away lang kayo. Kuwari pa tong mga ulupong na to.

**"Pasensya na Jay... Hindi ka talaga pwede dun."** sabi ni Ci-N.

Tinignan ko si Yuri na parang nakiki-usap pero umiwas sya ng tingin.

**"Wag mong pairalin yang katigasan ng ulo mo! Tatamaan ka sakin!"** Banta ni Keifer sakin.

Inirapan ko na lang sya. Hindi na ko nagsalita at mabilis na naglakad palayo sa kanila.

Tinawag pa nila ko pero hindi ko sila pinansin. Pagliko sa kanto huminto ako at bahagya silang sinilip. Nag-uusap-usap pa sila.

*Kala nyo titigil ako ng ganun ganun lang? Hindi uy!*

Pagkatapos mag-usap lumakad na sila paalis. Sila Keifer na may dalang kotse nauna na pero yung iba nglakad lang. Sila yung sinundan ko.

Matinding pag-iingat ang ginawa ko. Tago kung tago! Pati basurahan napagtaguan ko na.

Sa totoo lang hindi ko na alam kung nasan kami. Basta alam ko lang, dapat ko silang masundan.

Nakarating kami sa isang bakanteng lote malapit sa abandunadong pabrika.

Andun na sila Keifer at iba pa. Nakasandal pa sya sa kotse nya. Para bang meron pa silang hinihintay. Ewan ko kung sino, pero hindi ako aalis dito.

Alam kong magtatagpo lang sila ng grupo ni Kiko. Hindi ko sila pwedeng hayaan na mag-away.

Habang naghihintay nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko. Pero bago ko pa malingon kung sino yun. Nahawakan na nila ko at natakpan ang bibig ko.

+++++++++++++++++++++++++++++

***David's POV***

Parang mali tong desisyon naming balikan sila Kiko.

Si Keifer naman talaga ang may gusto nito. Ayoko ng gulo, ni minsan hindi ako nag-aya ng away.

I never allow them to have a fight with other section. Kahit ako hindi nakikipag-away kung hindi kailangan. Eto rin ang dahilan kaya pilit kong pinaglaban ang posisyon ko, pero natalo pa rin ako.

Then i remember Jay-jay. How she look so worried. Kung pwede ko lang ipaliwanag sa kanya ng maayos ang lahat.

**"Tingin ko naduwag na yung mga yun."** Sabi ni Kit habang nakapamulsa.

**"Uwi na tayo... Pupuntahan ko na lang si Jay-jay."** Sabi ni Ci-N.

**"Itext mo na lang kung nag-aalala ka sa kanya."** Sagot sa kanya ni Eman.

**"Mas maganda kung pupuntahan. Malay mo bigyan pa tayo ng miryenda."** Singit naman ni Edrix.

**"Feeling ko nga nagtampo satin si Jay."** Dagdag ni Rory.

**"Puntahan na lang natin maya."** Suhestyon ni Eren.

Hearing those things from them makes me think that Jay-jay is really better than Ella. Hindi sila mapakali kapag nagtampo si Jay-jay sa kanila.

I never see them like that before. Nakikipag-kulitan sila kay Ella dati pero hangang dun lang yun.

Unlike Jay-jay na nakikipag-talo, kulitan at nakikipag-laban para sa kanila.

I thought Jay will be a big pain in our ass but it was the opposite. Parang kami pa ang naging problema sa kanya.

**"You're back! Ready for round two?!"** Masayang tanung ni Kiko.

Kung nakikita lang sya ni Jay-jay, hindi sya makakangiti ng ganyan.

**"Akala mo naman kaya mo ko?! Sumuko kana! Ilang beses na kitang pinapabagsak!"** Pang-aasar nya sakin.

Lagi nyang ginagawa yan. He won't stop mocking me. I put my bag down and remove my white polo.

**"Sure kana dyan?"** Tanung sakin ni Keifer.

**"Laban ko to... Ako dapat ang humaharap."**

**"Pero ilang beses kana nya napapabagsak."** Yuri said.

**"Because i can't focus before. My head is occupied."**

**"How about now?"** Kit ask.

Honestly? It was occupied, by my girl and by Jay-jay. I'm miss my girl and i'm worried about Jay-jay.

**"No, it's not."** I answer shortly.

I turn around to face Kiko. His friends are already here.

Lalapit na sana ako sa kanya ng may marinig kaming nags-slow clap. Pare-pareho kaming tumingin sa mataas ng bakod ng abandunadong pabrika.

Kahit hindi ko tignan sila Keifer alam kong na-alarma sila. Bakit ngayon pa? Ngayon pa talaga.

**"Keifer Watson and the Gang----oh wait----the whole Section E!"** Sabi ni Ram.

Leader si Ram ng kilalang Gang dito samin. Nakaaway na sila nila Keifer dati. I'm not sure about Aries's group.

**"What do you want?"** Keifer ask.

**"I just want to watch... Actually it's we."** Sagot nya at lumabas ang ilan sa kasama nya. **"...We can be the judge or referee."**

Kiko chuckled. **"Lie... Anong kailangan mo?!"** Galit na tanung nya.

**"Wala talaga... Gusto lang talaga naming manuod."** Ram said and smile. **"...oh wait!"**

Sumenyas sya sa mga kasama nya at parang merong kinuha sa kung saan.

**"Meron nga pala akong bisita... Baka gusto din nyang manuod. I hope you don't mind"** Dagdag nya.

Bigla na lang nilang hinatak palapit kay Ram ang isang babae. At hindi lang yun basta kung sino lang.

*Jay-jay.*

May tape ang bibig nya at nakatali ang kamay sa harap nya.

**"Jay!"** Sigaw nila Ci-N at iba pa.

Nakita ko din ang pag-aalala ni Kiko. Pero walang magagawa yan. Tinanggal ni Ram yung tape para makapagsalita si Jay.

Wala akong nababakas na takot sa kanya. Galit siguro meron.

**"Anu nga ulit ang pangalan mo?"** Tanung ni Ram.

**"J-jay-jay."**

**"Nice to meet you."** Sabi ni Ram habang nakangiti at muling humarap samin.

**"Mag-start na kayo. Manunuod kami."** Sabi ni Ram at tumawa naman ang mga kasama nya.

Hindi ko alam kung alam nya na Section E din si Jay. Pero sure akong alam nya na kilala namin sya.

**"Wag mong idamay si Jay-jay dito! Anu ba kailangan mo?!"** Galit na galit na si Kiko.

**"I told you... We just want to watch."** Ram answer and turn to Jay. **"...Diba?"** He ask while pinching Jay's cheek.

Tinignan lang sya ng masama ni Jay. Panay ang tingin nya samin at kay Kiko. Tinitignan din nya kung gano kataas ang pwesto nila.

**"Okay ka lang?!"** Tanung ko kay Jay-jay.

Irap lang ang sinagot nya sakin. Mukang may tampo nga sya.

**"Ang tigas talaga ng ulo mo no?!"** Galit na tanung ni Keifer sa kanya. **"...Sumunod ka pa talaga dito!"**

**"Paki-alam mo! Gusto kong makausap si David at Kiko eh!"** Sagot ni Jay na nagpatawa kila Ram.

Gusto ko mag-sorry sa kanya. Hindi na sana sya nadamay dito.

**"Gusto ko tong babae na to! Hahaha... Alam mo----argh!"**

Hindi na natapos pa ni Ram ang sasabihin nya. Malakas na headbat ang binigay ni Jay-jay sa kanya pagharap nya.

Masyadong mabilis ang mga nangyari. Kusa na lang nalaglag si Ram mula sa taas ng bakod. Agad namang tumalon pababa si Jay-jay para takasan yung mga may hawak sa kanya.

*Wait!*

Shit! Masyadong mataas yung bakod. Pwede syang mabalian sa ginawa nya. Pare-pareho kaming tumakbo palapit sa babagsakan nya. Bahala na kung panu sya sasaluhin.

Pero masyadong mabilis ang pagbagsak nya.

**"JAY!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

OceanofPDF.com

# Chapter 62

**David vs. Kiko**

***Jay-jay's POV***

**"Oh! Ilagay mo sa ulo mo!"** Galit na utos ni Keifer.

Kinuha ko yung ice bag at nilagay sa ulo ko. Pero kung tutuusin mas masakit yung binti at katawan ko. Nawala kasi sa isip ko na napakataas pala ng pwesto namin.

*I believe I can fly!*

Tatlong tao ang sumalo sakin. Si Kiko, Keifer st Yuri. Pero kahit ganun, masakit parin yung impact.

**"Okay ka lang Jay?"** Tanung ni Kiko at inabutan ako ng bottled water.

**"Oo... Salamat."**

**"Wag mo ng uulitin yun, Jay. Tinakot mo kami."** Sabi ni Yuri.

**"Sorry... Gusto ko lang makaalis sa puder nung Ram."**

Nakaalis nga ako, nagkagulo naman. Sumugod kasi agad yung grupo nung Ram na yun. Buti na lang at marami kami----sila pala.

Napatingin ako kay David. Titig na titig kasi sya sakin. Naalala ko bigla yung pinag-awayin nila ni Kiko.

**"Uhmmm... Kiko. Pwede ba kitang makausap."** Sabi ko.

Nag-smile naman sya at nag-nod. Tinignan ko sila Keifer at Yuri na nagsasabi na '*iwan muna kami*'.

Nakuha naman nila yun at lumakad palayo. Ganun din ang ginawa ni David at iba pa. Nang masiguro kong malayo na sila, dun ko pa lang kinausap si Kiko.

**"Kiko-----"**

**"Kung anu man yung sinabi sayo ni David. Maniwala ka hindi ko intensyon yun."** Singit ni Kiko.

Napaisip ako bigla. *Bakit defensive?* Wala pa, advance masyado.

**"Kiko kasi... Didiretsahin na kita. Ayoko munang magpaligaw. Hindi sa ayaw ko sayo o ano. Ayoko pa lang talaga muna. Sana maintindihan mo yun."**

Napayuko si Kiko. Napakabilis ko ba? Sumama ata ang loob nya. Grabe! Hindi ko intensyong manakit ng damdamin.

**"Naiintindihan ko. Pero hindi kita lalayuan. Andito lang ako lagi para sayo."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

**"Salamat Kiko. Pasensya kana."**

**"Okay lang... Uhmmm... Kailangan ko ng umalis Jay. Hinahanap na ko ng mga kasama ko."** sabi nya at tumalikod na para lumakad.

Hahayaan ko na sana syang umalis, pero may bigla akong naalala.

**"Kiko! Sandali!"** Tawag ko at lumapit sa kanya. **"...Pwede bang favor?"**

**"Anu yun?"**

**"Wag na sana kayong mag-away ulit ni David. Please lang."** Paki-usap ko.

**"I can't promise but i'll try."** Sagot nya at muling lumakad paalis.

Nang mawala sa paningin ko, agad na lumapit sakin yung mga ulupong. Paniguradong mangungulit tong mga to.

**"Anu na? Binasted mo na?"** Tanung ni Ci-N.

Tumango ako sa kanya. Masama parin ang tingin sakin ni Keifer. Si Yuri poker face lang.

**"Umuwi kana Jay... Madilim na baka mapano kapa."** Sabi ni Yuri.

Kinuha ko yung bag ko at pinagpag. Tinignan ko muna silang lahat. Ewan ko, nakakaramdam ako ng inis.

**"Ihahatid na kita Jay."** Presinta ni David.

**"Wag na. Kaya ko."** Sagot ko sa kanya at lumakad na paalis.

Kahit hindi ko tignan. Alam kong nakatingin sila sakin. At kahit hindi sya magsalita, alam kong sumusunod sakin si David.

Naramdaman ko lang. Baka may special ability na ko hindi ko lang alam.

**"Jay..."** Tawag sakin ni David. Hindi ko sya nilingon, diretso lang ang lakad ko. **"...alam kong masama ang loob mo sa ginawa namin."**

**"Oh tapos?"** Walang gana kong tanung.

**"Jay. Sorry na. We just don't want you to get hurt."**

**"Naiintindihan ko yung part na yun. Pero magsabi naman kayo sakin ng totoo. At sabihin nyo rin ang mga nangyayari. Wala akong naiintindihan eh!"** Paliwanag ko.

**"You already know our story, so what should I tell you?"** Tanung nya.

Gusto ko lang naman na malaman yung nangyari sa pagitan nila ni Kiko. Oo alam ko yung nag-away sila, pero hangang dun lang ang alam ko.

Huminto ako at humarap sa kanya. **"Yung nangyari sa inyo ni Kiko, oo... Nag-away kayo pero bakit?"**

**"Okay... I'll explain to you everything."**

+++++++++++++++++++++++++++++

***David's POV***

****Flashback...****

**"Keifer!"** Tawag ko sa kanya.

Wala na sya sa sarili. Baliw na nga ata talaga sya kagaya ng sinasabi nila.

**"Wag mo kong papakialaman!"** Sagot nya sakin.

Hinawakan ako Yuri sa braso. **"Hayaan muna natin sya."**

Ayoko sana pero mas kilala ni Yuri si Keifer. Mas marami syang alam sa dapat gawin sa kaibigan.

Nag-nod ako kay Yuri.

I understand that Keifer is broken hearted. Pero wag naman sana nyang kalimutan na nasa school pa rin sya.

Nadadag-dagan lang ang label ng Section E dahil sa ginagawa nya. I get back inside the room and look at them.

The whole Section E is affected. Bakit kailangang idamay ni Keifer ang lahat?

**"David..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...Paki-announce na."**

I nodded. **"Guys! The rule that Keifer and Yuri applied to us! Is now official!"** I announce.

Agad silang nag-react kaya si Yuri na ang nagpaliwanag sa kanila. Ako dapat ang nagbibigay ng batas sa Section E, pero anung magagawa ko?

Kahit ako ang president si Keifer pa rin ang lumalabas na makapang-yarihan sakin. I'm not bothered becuase they follow me and i still have the power to control them.

*After a year...*

After giving the rule that 'No Section E to Cafeteria', most of them no longer have an interest to follow me.

Bakit daw hinayaan ko sila Keifer na magbigay ng ganung batas? Pumayag ako hindi dahil kaya akong pasunurin ni Keifer kundi dahil sila ang babawian ng Section A.

Hindi sila basta basta papatalo ng ganun lang. Binangga ni Keifer si Aries, akala ko pipigilan sya ni Yuri pero pati pala sya makikisali din sa gulo.

**"Gano katagal tong batas na to? Nagugutom na ko."** Sabi ni Ci-N.

Naaawa na din ako sa kanya. Minsan nagdadala na din ako ng pagkain pero hindi sapat yun sakin at sa iba.

Nagdadala din si Yuri pero may pagkakataon na hindi sya pumapasok. Ayaw ding magbaon ng iba. Wala naman daw kasing magaasikaso sa kanila.

**"David!"** Sigaw ng kung sino.

Lumabas ako agad ng room para tignan yun. Tumatakbo si Denzel palapit sa room.

**"Bakit?!"**

**"Si Kit at Eren!"** Sagot ni Denzel.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin na. Agad akong tumakbo papunta sa main building pero sa harap ng cafeteria ko sila natagpuan.

Nakapaligid ang ibang istudyante. Si Kiko at Mykel ang may hawak sa dalawa.

**"David!"** Tawag sakin ni Kit ng makita nya ko.

**"Andito na pala yung president nyo!"** Sabi ni Mykel.

Nakapalipit sa likod ang braso ni Eren. Samantalang si Kit naka-head lock kay Kiko.

**"Ang kapal din ng muka nyong magpakita pa dito sa cafeteria!"** Sabi ni Kiko. **"...Anu kayang magandang gawin sa inyo?"**

**"Let them go Kiko!"** Utos ko.

Kiko chuckled. **"If I don't?"**

**"Look Kiko... Ayoko ng gulo. Let them go!"**

Tumawa si Mykel at Kiko.

**"Coward! Ikaw lang ata ang hindi nakikipag-away sa Section nyo! Panu kaba napunta sa Section E?!"** Tanung ni Kiko na may pang-aasar.

**"Ayoko lang ng gulo!"**

**"Naduduwag ka lang!"** Pang-aasar ni Mykel.

**"Kung hindi mo sila kayang harapin, tawagin mo na lang sila Keifer!"** Sigaw ni Kit.

*Tawagin?* I am not going to call them. Ako dapat ang humaharap sa ganitong problema.

**"Ako ang haharap sa kanila!"** Sagot ko kay Kit then I turn to Kiko. **"...Let them go at ako ang haharap sayo!"**

Ngumiti si Kiko at binitiwan si Kit ganun din ang ginawa ni Mykel. Agad na lumakad paalis sila Eren.

Tinignan ko sila Kiko. Wearing his usual smile. Nagpamulsa muna sya bago magsalita.

**"Saan mo gusto? Dito sa school?"** Tanung nya na may halong pang-aasar.

**"Saan mo gusto?"** Balik kong tanung.

May binulong si Mykel sa kanya. Sandali silang nagpalitan ng tingin bago muling humarap sakin.

**"Sa lumang factory. Mamayang uwian. One on one, yan ang rule."** Sabi ni Kiko at umalis.

Nakatingin lang sakin ang ibang studyante. Pero wala akong paki-alam sa kanila. Ayoko sanang makipag-away pero kailangan kong harapin si Kiko Evans.

Bumalik ako sa room. Para silang naghihintay ng balita. Nakatingin sila sakin.

**"Tatawagan naba namin si Keifer?"** Tanung nila sakin.

Umiling ako. **"Okay na lahat... Ako ng kumausap sa kanila."**

**"Anung usap ang ginawa nyo?"** Tanung ni Kit.

**"Sa amin na lang yun."** Sagot at akmang babalik sa upuan ko.

**"Hindi ka naman siguro nagma-kaawa sa kanila no?"** Kit ask again. **"...Kasi diba dun ka magaling? Ang maki-usap."** May halong inis sa boses nya.

Tinignan ko lang sya at hindi ako sumagot. Ayoko ng gulo, kahit anu pang sabihin ng iba. Tawagin man nila kong duwag o magaling lang sa paki-usap.

**"Bakit hindi ka sumagot?! Kasi totoo!"** Sigaw ni Kit. **"...talaga bang napunta ka dito dahil napaaway ka?! Mukang tinapon ka lang kasi wala kang pakinabang!"**

**"Mula ng umalis yung dating presidente, wala kanang ibang ginawa kundi awatin kami o ilayo sa gulo!"** Pagpapatuloy nya. **"...Ni hindi nga kita nakitang nakipag-away! Basagulero kami! Yun ang title ng Section E! Kaya tantanan mo yung pakiki-usap sa iba na----"**

**"TANG*NA!"** sigaw ko sabay balibag ng bangko.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. May pagkakataon talaga na masasagad ako sa mga pinagsasabi nila.

**"Ako ang presidente! Ako ang masusunod! Yun ang rule na sinusunod ng Section E!"** Paalala ko sa kanila.

*Nakakatawa!* Sa mga kagaya namin, hindi talaga naga-apply ang ganyang rules pero napipilitan silang sundin.

Alam kong masama ang loob ni Kit. Hindi ko sya masisisi. Masyado ng malaki ang problema, pampabigat pa si Keifer.

Taon na ang lumipas pero hindi pa rin nya matanggap na iniwan na sya at pinagpalit sa iba ni Ella.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 63

## Cheater

***David's POV***

****Continuation of Flashback...****

Natapos ang klase. Naging tahimik ang lahat mula kanina. Paglabas ng room dumiretso ako sa parking kung nasan ang kotse ko.

Sa luma at abandunadong pabrika ang punta ko. Dun ang usapan namin ni Kiko.

Pagdating, sya lang ang nakita ko habang nakasandal sa kotse nya. Malakas ang loob ni Kiko kasi kaibigan nya si Aries.

Alam nyang makakaganti sya kapag na-agrabyado sya.

**"Tagal mo naman!"** Reklamo nya paglabas ko ng kotse.

Bahagya akong lumapit sa kanya. Hindi sya gumagalaw, hangang sa may napansin ako'ng mali.

*Fvck! Hindi sya nag-iisa.*

Biglang lumabas si Mykel kasama ng iba pang Section A, meron din silang kasamang Section D. Nakapaligid sila samin.

**"One on one ang usapan! Bakit andito sila?!"** Tanung ko kay Kiko.

**"Nagbago isip ko eh!"** Sabi nya at ngumiti.

I knew it! Madaya makipag-laban ang mga Section A. Hindi talaga sila papayag magpatalo.

**"Hawakan nyo!"** Utos ni Kiko.

Agad na lumapit sakin ang mga kasama nya. Pero bago pa nila ko mahawakan, malakas na suntok ang sinalubong ko.

Na-alarma ang iba, meron tinangka akong suntukin pero naka-iwas ako. Naglapitan yung iba sakin pero binigyan lang nila ko ng pagkakataon para suntukin sila.

Lima na ang napapabagsak ko at nag-uumpisa na kong mapagod. Hangang sa may humampas ng tubo sa likod ko, dahilan para bumagsak ako at mahawakan nila.

**"Inabot kayo ng syam syam para lang mahawakan sya?!"** Galit na tanung ni Kiko.

Lumapit sya sakin at kinuha yung tubo sa kasama nya.

**"Magaling kang makiusap diba?! Makiusap ka ngayon!"** Sabi nya at agad akong sinikmuraan gamit ang tubo.

Napayuko ako at halos isuka ko ang laman loob ko sa ginawa nya. Nakakapang-lambot ng tuhod. Pinilit akong itayo ng may mga hawak sakin.

Sandaling binitiwan ni Kiko at sinuntok ako sa muka. Masakit! Nakakapamanhid ng muka.

**"Maki-usap kana!"** Utos ni Kiko at sinuntok ulit ako.

Kahit hindi ko tignan, alam kong dumudugo na ang bibig ko.

**"Makiki-usap kana ba?"** Pang-aasar na tanung ni Kiko.

**"P-para k-kang b-babae m-manuntok."** Pilit kong sabi.

Mukang napikon si Kiko at agad akong sinipa sa sikmura. Bumagsak ako at aaminin ko, hindi na ko makatayo.

Muli akong hinawakan ng mga kasama nya at pilit iniharap kay Kiko na hawak na naman ang tubo.

**"Tignan ko lang kung makapag-salita kapa dito!"** Sabi nya at agad na hinampas sa muka ko ang tubo.

*Silents......*

Pakiramdam ko nabingi na ko. Unti-unting bumagal ang lahat. Hindi na ko makagalaw at unti-unti na kong bumabagsak.

Humihigpit ang paghinga ko. Bumagsak na ko sa lupa pero wala akong naramdamang sakit o kahit anu. Unti-unti na ring dumidilim ang paningin ko.

Tanging mga ngiti na lang ni Kiko ang nakita ko bago tuluyang magdilim ang lahat.

Puti, maliwanag at tahimik. *Patay na siguro ako!* Yan ang unang pumasok sa isip ko.

Pero may narinig akong langitngit ng pintong binuksan. Buhay pa ko, at pwedeng nasa ospital lang ako.

Niligid ko ang mata ko, nakita ko si Keifer na nakaupo malapit sa bintana. Tatawagin ko sana sya pero hindi ako makapag-salita.

Dun ko lang narealize na may kung anung nakabalot sa leeg ko paakyat ng panga. Eto na siguro yung resulta ng ginawa sakin ni Kiko.

Napalingon si Keifer at nakitang nakatingin ako sa kanya. Lumapit sya sakin at may kung anung pinindo't sa ulunan ko.

Maya-maya lang dumating na ang doctor at tinignan ako. Dumating din si Dad at Mom. Kung ano-anongng tinatanung nila sakin.

Hindi ko alam kung bulag ba sila o anu. Alam naman nilang may kung anu sa panga ko at hindi ako makakapag-salita pero tanung pa rin sila tanung.

May ilang oras din siguro si Mom na nakaupo sa tabi ko bago nya naisapang lumabas at bumili ng kung anu. Si Dad nakikipag-usap sa Doctor.

Naiwan si Keifer na nakatingin lang sa akin sa buong oras na nakabantay si Mom. Lumapit sya sakin at umupo sa tabi ko. Kumuha sya ng mansanas na mukang dala nila at kinagatan yun.

**"Feeling mo bayani ka?"** Tanung nya sakin at tumawa. **"...yan ang napapala ng nagmamatapang."**

Hindi ako bayani. Hinarap ko lang ang dapat harapin.

**"Ako na ngayon ang presidente nila. Sakin na sila susunod. Ganun din ang gagawin mo pagbalik mo sa school, yun ay kung makakabalik ka pa."** Pang-aasar nya.

Gusto kong kumilos at magsalita. Pero syempre hindi ko magawa. Nasasaktan ako kapag kumikilos ako.

**"Wag mo pilitin kung hindi mo kaya."** Dagdag nya at lumabas ng kwarto.

*Gago ka Keifer! Inilayo ko sa gulo ang Section E pero ikaw ang nagpapahamak sa kanila!*

Makalabas lang ako dito babawiin ko ang Section E.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Madaya pala sila makipag-laban. Kaya siguro sumama na rin sila Keifer kay David ngayon.

**"Eto rin ba yung dahilan kaya ayaw nyong magpaligaw ako kay Kiko?"** Tanung ko kay David.

**"Parang ganun na nga. Wala kaming tiwala sa kanya."** Sagot nya sakin.

Tsk! Eto pala yung rason kaya matay nila kong tanungin kung may balak akong magpaligaw.

**"S-salamat."** Sabi ko at umiwas ng tingin.

**"Para saan?"** Tanung nya.

**"Kasi concern kayo sakin."**

Ngumiti sya at bahagyang namula. **"Ganun talaga... Your special to us."**

*Special?! Special! SPECIAL!! Ahahahahahahaha! Parang may kumiliti sa puso ko!*

Agad akong napangiti dahil sa sinabi nya. Nawala yung inis ko at para bang nakaka-boost ng self esteem yung sinabi nya.

**"Aaminin ko sayo... Binalak naming pagtulungan si Kiko. Incase na ituloy nya yung balak nyang panliligaw sayo."** Paliwanag nya.

*Ay grabe!* Daig pa nila si Kuya Angelo sa pagiging protective. Para silang mga tatay at kapatid ko.

**"Buti na lang binasted ko na."** Biro ko at bahagyang tumawa si David.

Nasa tapat na kami bahay. Huminto kami at hinarap ang isa't isa.

**"Dito na lang... Salamat sa paghatid!"** Sabi ko at ngumiti.

**"Mag-ingat ka nga pala Jay. Delikado yung ginawa mo kay Ram. Pwede ka nilang balikan."** Paalala nya sakin.

Yun pa nga pala. Nagkaroon ako ng dagdag na kaaway. Bahala na!

**"Kaya ko sarili ko. Promise!"** Paninigurado ko sa kanya.

Ngumiti sya sakin bilang sagot. Pumasok na ko sa loob at tuluyan ng nagpaalam sa kanya.

Si Kuya ang sumalubong sakin sa loob ng bahay. Sinenyasan nya kong umupo sa sofa at tinawag si Aries.

**"Bakit?"** Bungad ni Aries.

**"Maupo ka."** Utos ni Kuya sa kanya.

Hindi kumilos ang Aries at pinagtaasan lang ng kilay si Kuya.

**"Ma-u-po-ka!"** Maotoridad na utos ulit ni Kuya.

Naupo ang Aries na halatang labag sa loob nya.

**"May nangyari ba Kuya?"** Tanung ko.

**"Wala pero... Umalis sila Mom and Dad. Nagpunta silang Guam----"**

**"What?!"** Sigaw ni Aries at napatayo sa kina-uupuan. "**...Hindi man lang nagsabi sakin?! At hindi pa nagsama ah! Anu yan walang kasama sa bahay?! Wala silang anak?!"**

Napa-tanga ako sa pagkabigla kay Aries. Para din syang si Kuya Angelo mag-react. Medyo OA.

**"...Tapos hindi man lang sinabi kung kelan sila babalik?! Anu yan?! Kamusta naman sila?! Feeling bagong kasal?!"** Dagdag pa nya.

**"ARIES!!"** Sigaw ni Kuya na nagpa-singhap sakin at nagpatigil naman kay Aries. **"...Patapusin mo muna ko!"**

Naupo ulit ang Aries at nanahimik.

*Hahaha... Buti nga!*

**"Nasa Guam sila Dad and Mom dahil nagkaroon ng problema sa isang business partner natin. Sila ang nagpunta dahil marami akong inaasikaso dito."** Paliwanag nya.

**"Ibig sabihin, dalawa lang kami ni Aries dito?"** Tanung ko.

**"Tayong tatlo kasama ng mga maid pero dahil mas matagal ako sa Fer Corp kaya lalabas talaga na kayong dalawa lang at mga maid."** Paglilinaw ni Kuya. **"...Babalik din naman agad sila Mom. So... Uhmmm... Pwede na kayong pumunta sa mga kwarto nyo."**

Mabilis na naglakad si Aries pabalik sa kwarto nya. Pumunta na rin ako sa kwarto ko. Gusto ko na rin kasi magpahinga. Masakit pa rin kasi ang katawan ko.

*I believe I can fly kasi ang peg!*

Habang nagbibihis bigla na lang tumunog ang phone ko. Hindi ako sigurado kung nasan yun kaya hinalungkat ko yung bag ko at halos isabog ko na yung laman.

Tumunog ulit yun at feeling ko wala sa bag ko kaya tinignan ko sa kama. Bigla na lang pumasok si Aries sa kwarto ko habang naghahanap ako.

**"Makinig ka! Dahil tayong dalawa ang laging maiiwan dito sa bahay, gusto kong malaman mo na may mga rules ako!"** Sabi nya.

Hindi ko sya pinansin at tuloy-tuloy pa rin ako sa paghahanap.

*Saan na napunta yung phone ko?! Nag-rebelde ata nilayasan na ko.*

**"Hindi ka pwedeng umalis ng hindi nag-papaalam! Hindi ka din pwedeng-----"**

Bigla syang tumigil sa pagsasalita kaya napatingin ako sa kanya. Nanlaki ang mata ko sa naging dahilan ng pagtigil nya.

May halong galit at gulat ang itsura nya, habang hawak ang isang puting bagay.

*Yung Pregnancy Test!*

**"Jasper Jean Mariano."** Mahinahon pero ma-otoridad nyang banggit sa buong pangalan ko.

**"Maniwala ka... H-hindi sakin yan."**

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Hindi ko mabasa ang gagawin nya. Pwedeng balatan nya ko ng buhay or ibitin ng patiwarik.

**"Sinong ama?!"** May halong galit na ang boses nya.

**"W-w-wala... H-hindi akin yan. H-h-hindi ako buntis."**

Nangingilid na ang luha ko. Hindi ko alam kung dahil sa takot o anu. Pero mukang hindi naniniwala sa mga sinasabi ko. Masama na ang tingin nya sakin.

**"Si Yuri Hanamitchi o Si Mark Keifer Watson?!"**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 64

**Author's Note:** Please Read!!!!!!!!!

Alam kong may madi-disappoint dito. Kaya let me explain first. Pinili ko si Jung So Min bilang si Jay-jay dahil hindi sya ganun ka-appealing (Para sakin) kagaya ng description ko kay Jay-jay.

At may something sa tingin nya na nagsasabi ng "*problema nito?*".

Kung hindi nyo sya bet na maging Jay-jay, you can still imagine a different actor/actress. Oks lang sakin yun!

Nasa dulo po ang kanyang picture⬇⬇⬇

+++++++++++++++++++++++++++++

**Father**

***Jay-jay's POV***

**"Answer me Jay!"** Sigaw ni Kuya Angelo.

**"Hindi nga akin yan!"** Sagot ko habang umiiyak.

Panu ba naman ako hindi maiiyak. Nung hindi makakuha ng sagot si Aries sakin agad syang tumakbo papunta kay Kuya dala yung pregnancy test na my dalawang guhit na pula.

*Punyetang guhit!*

**"Yan din ang sinasagot ng mga buntis na ayaw umamin."** Sabi ni Aries habang naka-cross arm.

**"Hindi naman kasi talaga!"**

**"Sinong tatay nyan?!"** Galit na tanung ni Kuya Angelo.

*Jusme!* Bingi ata tong si Kuya. Sinabi ng hindi nga sakin.

**"Wala!"** Sagot ko na halos nag-mamakaawa na.

**"Jasper Jean Mariano!"** Tawag ni Kuya sa buo kong pangalan.

Nanginig ang laman ko sa takot. Ayan na! Baka magbalibag na ng gamit.

**"Wala naman kasi talaga! Ayaw nyo lang makinig!"**

**"Sige, kung hindi sayo tong PT na to. Kanino?"** Tanung ni Aries.

Kanino nga ba? Hindi ko naman kilala yung girlfriend ni Denzel at hindi rin ako sure kung yan nga yung hawak nya nung nakita ko sya sa my hagdan.

**"S-sa classmate ko."**

**"Wala kang classmate na babae Jay."** Sabi ni Aries na lalong nagpa-usok ng ilong ni Kuya.

**"Sabihin mo na kung sinong ama! Wag mong hintaying mapuno ako!"** Galit na sabi nya.

Lalu akong naiyak. Gusto pa yata nila lumuhod ako para lang maniwala sila na hindi talaga ako buntis.

**"Si Yuri o si Keifer?"** Tanung na naman ni Aries.

**"Bakit pati si Keifer?"** Kuya Angelo turn to Aries and ask.

**"They kissed. Malay natin kung higit pa dun ang nagawa nila."** Aries answer.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Nawala na ang pagitan ng kilay ni Kuya Angelo sa pagsalubong nito.

**"Hindi sila! Hellow? Hindi ko sila boyfriend!"**

Biglang natahimik sila Kuya sa sinabi ko na para bang meron silang na-realize.

**"Si Cyrus ba?"** Seryosong tanung ni Aries.

Ayoko sanang marinig ang pangalan nya. Pero nabanggit na ni Aries.

I shoked my head. **"H-hindi! Nasa ospital yung tao!"**

**"Malay naman namin kung matagal nyo ng ginawa at ngayon mo lang napansin."** Paliwanag ni Kuya.

Sumakit ang ulo ko sa sinabi nya. Naiintindihan ko yung part na '*medyo wala silang tiwala*', pero sobra-sobra naman na ata yun.

**"Gusto nyo malaman ang totoo? Tara sa doctor."** Aya ko sa kanila.

Pero hindi gumalaw si Kuya. Tignan lang nya ko at kinuha ang cellphone nya. Meron syang tinext at matapos yun dun pa lng nya ko ulit kinausap.

**"Pupunta talaga tayo pero kailangang malaman muna kung sino ama."** Sabi nya at naglakad palabas ng kwarto ko.

Sumunod ako sa kanya para kausapin pa sya.

**"Kuya! Wala nga talaga! Wala ba kayong tiwala sakin?!"**

Tumigil sya sa paglalakad at tinignan ako. **"Gusto mong sagutin ko yan?"**

Napatigil ako at umiling. Ayokong nalaman ang sagot. Bumalik sa paglalakad si Kuya at sumunod ulit ako. Nakarating kami sa sala.

**"Maupo ka."** Utos nya.

Ginawa ko naman. Nakatayo sya sa harap ko at ganun din si Aries na nakasunod pala samin.

May ilang minuto din kaming tahimik ng may marinig akong busina ng sasakyan sa labas.

Si Aries ang kumilos para tignan kung sino yun. Pagbalik nya, para syang makakapatay sa itsura nya.

**"Pinapunta mo sila dito?!"** Galit na tanung nya kay Kuya Angelo.

**"Kailangan kong malaman kung sinong ama."** Sagot sa kanya ni Kuya.

Bigla nalang may pumasok na dalawang lalaki. Sino pa nga ba? Yung Hari ng mga ulupong at si Yuri.

**"Kailangan mo?"** Bored na tanung ni Keifer.

Hindi na nagpaligoy-ligoy si Kuya. Nilabas nya yung PT at hinarap dun sa dalawa.

**"Sino sa inyo ang ama?"** Seryosong tanung ni Kuya.

Yuri arched a brow and look at me. Keifer had his usual poker face.

**"Kuya! Wala nga!"**

**"Shut up Jay!"** Sigaw sakin ni Aries.

Nagpabalik-balik yung tingin ni Keifer sa PT at sakin.

**"Ang turo ko naman. Nakabuo agad tayo?"** Tanung ni Keifer na nagpalaki ng mata ko sa pagkabigla.

Nag-kuyom ang kamao ni Aries. Lumipat ang tingin sakin ni Kuya. Disappoinment at galit ang nakikita ko sa kanya.

**"Keifer... Sinasabi mo bang----"**

Keifer cut Yuri. **"Yeah... That's the best day of my life."** He said and smirked.

*Ay putang'na! Hayop na Keifer!*

**"KEIFER!"** Galit na sigaw ko sa pangalan nya.

**"What?! Don't tell me, ikinahihiya mo na ko ngayon?"** Tanung nya. **"...Samantalang sarap na sarap ka nung-----"**

**"Shut your mouth!"** Sigaw ni Aries.

**"Gago ka! Alam mo yun?!"**

He give me his playful smile. Kahit si Yuri parang ayaw maniwala sa sinasabi nya.

Merong tinawagan si Kuya sa phone nya. Hindi ko sigurado kung sino yun dahil nakay Keifer ang atensyon ko. Nagawa pa nya kong kindatan.

**"Jay... Get in the car. Pupunta tayong doctor."** Utos ni Kuya.

**"Kuya..."** Tawag ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin.

**"You two, follow us."** Utos ni Kuya dun sa dalawa at lumakad na palabas.

Naglakad na rin ako palabas. Hindi ko mapigilang hindi maiyak. Gusto kong suntukin sa muka si Keifer.

Awa naman ang nakikita ko kay Yuri. Hindi ko alam kung naniniwala din sya kay Keifer.

Pagsakay sa kotse ramdam ko yung galit ni Kuya at Aries. Hindi na ko nagsalita. Hahayaan ko nalang na malaman nila ang totoo.

Umandar ang sasakyan at nakasunod nga yung dalawa samin. Tahimik lang kami sa buong byahe.

Nakarating kami sa isang clinic. Sarado na yun pero may tao sa labas na parang nag-aabang samin.

Pamilyar sakin yung tao. Parang....

**"Mrs. Peralta."** Tawag ni Kuya.

*Nanay ni Ci-N!*

Akala ko sa ospital lang sya. Meron din pala syang sariling clinic.

**"Mr. Fernandez. Sya naba yun?"** Tanung nung Nanay ni Ci.

Nag-nod lang si Kuya at binuksan nung Mother ni Ci yung pinto ng clinic. Pumasok sya at ganun ang ginawa namin.

**"Maupo muna kayo. I'll just ready everything."** Sabi nya at sandaling pumasok sa isang kwarto.

**"Pagtungtong mo ng 18 magpapakasal na kayo."** Sabi ni Kuya.

Pare-pareho kaming nabigla except sa hudas na animal na Keifer ang pangalan.

**"Sure."** Sagot ni Keifer then he turn to me. **"...I'm excited to see our baby."** He said and smile.

**"Tang'na mo!"** Sagot ko sa kanya at tumawa sya.

Wala ng nagsalita samin pagkatapos nun. Bumukas yung pinto ng isang kwarto at lumabas yung doctor. Kinawayan nya ko na lumapit sa kanya.

Na sya namang ginawa ko.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

Minsan talaga masarap manapak ng kaibigan. Hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ni Keifer at pinagtripan sila Jay-jay at Angelo.

Alam kong nagsisinungaling sya. Tanga naman tong Aries at Angelo, kasi naniwala sila. Wala ba silang tiwala kay Jay-jay? At saan naman galing yung PT?

**"Kakausapin ko ang nagulang mo bukas."** Sabi ni Angelo kay Keifer.

**"Sige lang."** Bored na sagot ni Keifer.

**"Sinasadya mo ba to?!"** Galit na tanung ni Aries.

**"Hindi... Kusa lang kaming nadala ng pagkakataon."** Sagot ni Keifer at ngumiti.

Nasa mood talaga syang mang-inis.

**"..Masarap kasi akong humalik."** Dagdag pa nya at kumindat.

Nagkuyom ang kamao ni Aries. Samantalang halatang malalim ang iniisip ni Angelo.

*Gagong Keifer!*

**"Kelan pa? Kelan pa naging kayo ni Jay?"** Tanung ulit ni Aries.

Keifer chuckled. **"Kailangan ba maging kami muna bago gawin yun?"**

Lalung nag-init ang ulo ni Aries. Susugod na sana sya ng biglang bumukas ang pinto ng kwarto kung nasan si Mrs. Peralta at Jay-jay.

Yung Mommy lang ni Ci-N ang lumabas at humarap samin.

**"Mr. Fernandez..."** Panimula nya at ngumiti. **"...Hindi po buntis si Jasper, sa katanuyan dinatnan na po sya ng buwanang dalaw."**

Halatang nagulat sila Angelo at Aries. Hindi malaman kung pano ang magiging reaksyon nila. Sinenyasan ng Doctor is Angelo na lumapit at mukang meron siyang ibubulong. I can't help but secretly listen to them.

**"Wala syang sign ng sexual encounter. Ibig sabihin, hindi pa nagagalaw si Jasper ng kahit sinong lalaki."** bulong ng Doctor sa kanya na mukang naintindihan naman niya.

Mukang napansin niya nakatingin ako sa kanila at nakikinig. Agad akong umiwas.

Bumalik sa loob ng kwarto si Mrs. Peralta at saktong pagsara ng pinto ang pagtawa ni Keifer. Halos malaglag sya sa kinauupuan.

**"Hahahahahaha... Sana pala vi-nideo ko mga reaksyon nyo! Hahahahahahahaha Priceless!"** Sabi nya at may pahampas hampas pa sa tuhod nya.

Natampal ko nalang ang sarili kong noo. Ang lakas kasi talaga ng tama nya sa utak.

**"You think this is funny?!"** Galit na tanung ni Angelo.

**"Well... Yeah! Hahahahahahahaha..."** sagot ni Keifer at muling tumawa ng malakas.

**"Unbelievable!"** Sabi ni Angelo at napahawak nalang sa sintido.

Agad na lumapit si Aries kay Keifer at hinawakan to sa kwelyo. Nakatawa pa rin ang Keifer habang nakatingin kay Aries.

Nasiraan na ata sya ng bait. Biglang bumukas ulit yung pinto at lumabas si Jay-jay at Mrs. Peralta. Bumitaw si Aries sa pagkakahawak kay Keifer.

**"G-gusto ko ng umuwi."** Sabi ni Jay at lumabas ng clinic.

Sumunod ako sa kanya agad. Bahala na sila Angelo kausapin si Keifer.

**"Jay!"** Tawag ko sa kanya.

Humarap sya sakin pero halatang masama ang loob nya.

**"Sorry, sa nangyari."**

**"So alam mo?"** Tanung nya.

**"Actually, alam ko lang na nagsisinungaling si Keifer pero wala syang sinabi sakin."** Paliwanag ko.

**"Alam mo pa rin!"** Bigla nalang syang umiyak. **"...nakita mo ba yung itsura ni Kuya kanina? Ganun din yung magiging itsura ng iba kapag nakarating sa kanila yan!"**

Lumapit ako sa kanya pero bigla syang lumayo.

**"Sorry... Ako ng nagso-sorry sa ginawa ni Keifer."**

**"Hindi ko kailangan ng sorry mo!"** Sabi nya.

Bumukas yung pinto ng clinic at sunod-sunod na lumabas sila Angelo at Keifer.

Walang nagsasalita samin. Tanging si Keifer lang ang maligaya. Hangang sa bigla nalang tumakbo si Jay-jay palapit kay sa kanya at....

Black eye!

**Author's Note:** Ang aking alaga na si Jasper Jean Mariano....

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 65

**Author's Note:** Please Read!!!!!!!!!!!!

Explain ko na rin kung bakit sya ang napili kong Keifer. Naaalala ko kasi sa The Innocent Man. Napaka-serious nya dun kaya nag-mark sakin and somehow i saw my Keifer boy!

Okay lang din kung ayaw nyo sa kanya. You can still imagine a different actor/actress.

Sa dulo po yung picture⬇⬇⬇

++++++++++++++++++++++++++++

**Assembly**

***Jay-jay's POV***

**"Hahahaha.. Ginawa talaga ni Keifer yun?"** Tanung ni Ci-N habang walang tigil sa pagtawa.

Nakarating na kasi sa kanila yung ginawang kagaguhan ng walang hiya. Nakita din nila yung black eye nya. Proud ako dyan! Ako nagbigay nun eh!

*Deserve nya yung hayop sya!*

**"Saan mo naman nakuha yung PT?"** Tanung ni David.

Napatingin ako kay Denzel na nakatanga sa kawalan. Pero hindi ko pa pwedeng sabihin sa kanila yun.

**"Napulot ko lang dyan sa labas. Na-curious ako kaya kinuha ko."**

**"Wag kana kasing kukuha ng basura."** Sabi ni Calix na nakikinig din pala samin.

**"Baka naman sayo yun. Tinapon mo lang."** Bintang ni Ci-N.

**"May matres ba ko para gumamit nun?!"** Iritang tanung ni Calix.

**"Wala... Pero si Mica meron."** sagot ni Ci-N dahilan para makakuha sya ng palatok. **"..Aray."**

**"May usapan kami ng Tatay ni Mica. Hindi ko gagawin yun."** Paliwanag nya.

**"Pinakilala ka na nya sa parents nya?"** Tanung ni David.

Bahagyang namula si Calix at nag-nod.

**"..Ng ganyan ang itsura mo?"** Tanung ko.

Muka pa rin kasi syang gusgusin. Okay naman na sila ni Mica pero ganun pa rin ang itsura nya.

**"May masama ba sa itsura ko?"** Balik nyang tanung.

Sabay-sabay kaming tumango nila David at Ci-N.

**"Sabi ni Mica okay na daw to."** Sabi nya at kinuha ang cellphone para manalamin.

**"Sabi lang nya yun... Pero natatakot yun na kapag nag-ahit at naghilod ka maraming maghahabol sayo."** Pang-aasar ni Ci-N.

Tinignan sya ng masama ni Calix. Pero kung tutuusin posible nga yon. Nung nasa resto pa kami ni Eman, laging tinitignan ni Mica si Calix kapag may kausap na babaeng customer.

Hindi naman namin sya masisisi. Buti na nga lang at hindi pa namin nababalitaan na nag-aaway sila.

**"Guys! Assembly at 9 am!"** Announce ni Yuri.

Tinignan ko yung cellphone ko para sa oras. 8:45am na, maiiwan na naman ba ko dito? Kagaya dati nung puntiryahin ako ng Section D.

Maya-maya tumayo na sila at lumakad papunta sa labas pero ako naka-upo pa rin.

**"Tara na Jay! Umaano ka pa dyan?!"** Tawag sakin ni Ci-N.

Huminto sila at tinignan ako. Hindi ko alam pero parang meron akong hinihintay sa kanila.

May humawak sa ulo ko. Tinignan ko kung sino yun.

*Si Yuri.*

**"Tara na... Kabilang ka samin kaya dapat kasama ka."** Sabi nya at ngumiti.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Ang sarap kasi pakinggan ng salitang '*kabilang*'. Nawala na ng tuluyan yung inis ko kay Yuri. Tumayo na ko at lumapit kay Ci-N at David.

**"Saya mo ngayon ah!"** Bati ni Kit.

Alam ko namang alam nila yung dahilan. Sa gymnasium ang diretso namin kung saan andun na yung ibang section.

Pagpasok, medyo pinagtinginan muna kami. Pero wala akong paki sa tinginan nila. Walang tatalo sa mood ko ngayon.

First row ay Section A, tapos B and so on. Kami ang nasa hulihan, syempre last Section kami. At dahil ako ang nag-iisang babae ako ang nasa unahan ng pila katabi si Yuri. Nakahiwalay si Keifer, nasa unahan namin sya pero may distansya.

*Ganto talaga?*

Umakyat sa stage yung Guidance Councilor namin at si Sir Alvin. Kasunod si Ms. Laila Smith at iba pa na mukang hindi teacher.

**"Good Morning!"** Panimula ni Sir Alvin. **"...Simulan na natin ang Assembly for Fourth Year. Start with Section A."**

Tumingin ako sa Section A na medyo malayo samin. Si Freya ang nasa unahan ng pila na nakahiwalay kagaya ni Keifer.

**"Section A, representative Freya Hidalgo myself. Students report----Zero suspension no violation. Home room report----New air condition needed. Suggestion----New room for Section A."** Sabi ni Freya na walang tingin tingin sa paligid nya.

Ganun pala yung reporting na sinasabi nila dati. Ang taray naman nila, kailangan ng bagong AC. Gusto pang magpalipat ng room. *Kahiya naman!*

Sumunod ang Section B na inerereklamo yung CR malapit sa room nila. May dalawang violator sila.

Sila Rakki naman ang sumunod. Parang matamlay ang itsura nya.

**"Section C, representative Rakki San Diego, myself. Students report----1 suspension no violation. Home room report----New Ceiling Fan needed. Suggestion----None."** Sabi ni Rakki na wala ring tingin tingin sa paligid nya.

Sumunod ang D na isang lalaki ang representative. May 5 suspension sila at 7 violator. Nagre-request sila ng bagong room at ganun din suggestion nila.

Tumingin ako kay Yuri na nakatingin sa harap. **"Yuri..."** Panimula ko. **"...Anu pinag-kaiba ng Home room Report sa suggestion?"**

**"Priority yung Home room report. Yun suggestion, suggest lang ng representative yun, kahit hindi na pansinin."**

Nag-nod naman ako. Yun pala yun! Si Keifer na ang magsasalita.

**"Section E, representative Mark Keifer Watson, myself. Student report----2 suspensions 4 violations. Homeroom report----None. Suggestion----None."** Bored na paliwanag ni Keifer.

Meron kaming suspension at violation? Sino-sino naman yun? At bakit hindi sinabi ni Keifer yung mga kalat sa harap ng room namin?

Kinalabit ko sya, dahilan para humarap sya sakin at makita ko yung black eye nya.

**"What?!"** Inis nyang tanung.

**"B-bakit hindi mo sinabi yung mga basura sa harap ng room natin?"**

**"Gusto mo malaman ang sagot dyan? Ikaw ang mag-report."** Sabi nya at bigla na lang nagtaas ng kamay para makuha ang atensyon ng mga nasa stage.

**"Yes? Mr. Watson."** Tanung ni Sir Alvin.

Siniko nya ko para sabihing magsalita na ko.

**"S-sir... Uhmmm... Home room report po. Yung mga basura sa harap ng room namin----"**

Hindi pa ko tapos pero agad akong pinutol nung Guidance Councilor namin sa pagsasalita.

**"Ms. Mariano hindi na inaalis ang mga basura don dahil bagay na bagay ang Section nyo sa lugar na yun."** Sabi nya dahilan para magtawanan ang ibang mga students.

*Okay... Alam ko na!*

Bumalik ako sa pwesto ko na nakayuko. Kainis! Napahiya ako dun. Busit tong Keifer na to. Dagdagan ko kaya black eye nya.

**"Next topic... Festival!"** Announce ni Sir na napaghiyaw sa ibang studyante.

*Ayan na! Festival na!*

Tinatawag ng si Sir Alvin ang bawat Section.

**"Section A!"**

**"Program organizer!"** Sagot ni Freya.

Tinawag din ni Sir ang ibang section at sumagot sila. B ang sa sports, C ang sa booths and D naman ang sa security. Kagaya ng sinabi ni Sir dati.

**"Section E!"**

Hinintay namin ang sasabihin ni Keifer. Alam kasi namin na ayaw nyang kumuha pa kami ng task. Ilang beses kaming nag-meeting tungkol don pero nauuwi lang kami sa away.

Lumingon samin si Keifer. Pare-pareho kaming nakiki-usap sa kanya.

Huminga sya ng malalim. **"Night security and garbage collector!"**

Napa-'*yes*' naman kami at nagsitawa naman ang ibang section. Wala kaming paki sa inyo basta pupunta kami ng festival! *Wooohhhh! Festival!*

**"Baka pwede na tayong bumalik. Tapos naman na tayo!"** Sabi ni Keifer samin.

**"Hindi ba natin hihintayin matapos?"** Tanung ni Yuri sa kanya.

**"Tss."** Sagot ni Keifer.

Obvious na ayaw na nyang magstay dito. Pero hindi pa tapos, ang bastos naman ata kung aalis na kami.

**"Meron nga pala tayong pagbabago sa mga program!"** Biglang sabi ni Ma'am Laila. Tinignan namin sya at hinintay ang mga sasabihin pa. **"...Ang King and Queen of HVIS ay tatanggalin na."**

Agad na nag-react yung mga studyante. Nangunguna si Freya syempre.

"*Anu?*"

"*Ang pangit naman ata nun!*"

"*Anong ipapalit nila?*"

**"SILENT!"** Sigaw ni Ma'am na nag-echo sa buong gymnasium. **"...papalitan na to ngayon ng Mr. Ganda at Ms. Pogi, kung saan ang babae ay mag-bibihis ng panglalaki at ang lalaki ay magbibihis babae."**

Kanya-kanya ng bulungan. Hininaan na nila at baka masigawan sila ni Miss Laila.

**"Every Section should have a representative na ihaharap naman sa Finals. Year level ang magkakalaban sa Finals."** dagdag nya.

*Every section?* Teka lang! Ako lang babae dito samin. Ibig sabihin...

**"Hindi tayo kasali dyan."** bulong ni Yuri.

Mukang napansin nya na natakot ako bigla. Nakahinga ako dun, pero bakit naman hindi kami kasali?

**"Bakit?"** Tanung ko kay Yuri.

**"Board member don't consider us anymore. Sayang lang effort hindi naman mananalo."** Paliwanag nya.

Buti naman, wala akong hilig sa mga pageant pageant na yan. Baka mapahiya lang ang Section namin kung ako yung lalaban.

**"I have a suggestion!"** Sigaw ni Freya habang nakataas ang kamay.

**"Yes? Miss Hidalgo."** sagot ni Ma'am Laila sa kanya.

Bakit parang kinutuban ako ng masama sa ginawa ni Freya? Feeling ko hindi maganda yung sasabihin nya.

**"Every Section should have a representative, right? Then Section E should have a representative."** Sabi nya at tumingin sa pila namin.

*Sabi na!* Wala talagang magandang sasabihin tong si Freya.

**"Freya, you know that Section E----"**

**"Yeah! I know that! But I think it's time for Section E to prove themselves!"** Sabi nya habang nagpapa-cute.

Sandaling nagbulungan ang mga tao sa stages at timingin samin.

*Wag po kayong pumayag!*

**"If Section E will join the competition, which will it be?"** Tanung ni Sir Alvin.

**"All of it!"** Proud the sagot ni Freya.

"*Anu?*"

"*Baliw na si Freya!*"

"*Anu na namang gagawin natin don?*"

Reklamo ng mga ulupong. Pero baliw na nga talaga si Freya. Gusto ata nya kaming mapahiya sa maraming tao.

**Author's Note:** Ang aking anak-anakan na si Mark Keifer Watson....

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 66

**Author's Note:** Baka tuesday na next update... Thank you guys sa votes. Pinapasaya nyo ko at yung mga bulate sa utak ko. Hahahaha

## Competition

***Aries's POV***

**"Anong balak mo sa Section E?"** Tanong ni Ella kay Freya.

Nababaliw na kasi sya. Matagal ng tinanggal sa competition ang Section E. Sayang lang daw kasi ang budget ng school.

**"Ang sarap kaya nilang paglaruan..."** Sabi nya habang tinitignan ang sarili sa salamin.

Dumating si Kiko at naupo malapit samin. Hindi maganda ang itsura nya. Ilang beses na syang pumapasok ng naka-inom at mukang ganun na naman sya ngayon.

I'm not sure if this is because of Jay-jay.

Lumapit si Freya kay Kiko at parang may binabalak na hindi maganda. Kumandong si Freya sa kanya. Hindi na kami nagulat. Matagal na nyang tinatapon ang sarili kay Kiko.

Sa iba lang talaga nakatuon ang tingin nya.

May binilong si Freya at parang nag-usap sila. Wala kaming mabakas na kahit anong reaksyon kay Kiko.

**"Anu sa tingin mo balak ni Freya?"** Bulong sakin ni Ella.

**"I don't know, but I swear I don't feel good about it."**

Nakatingin pa rin kami sa kanila. Ganyan naman si Freya, wala sya'n paki-alam sa sasabihin ng iba basta magawa nya ang gusto nya.

And i have this feeling na si Jay-jay ang puntirya nya sa balak ng pagsali sa mga Section E.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Magkanu pusta mo? Nababaliw na talaga si Freya."** Sabi ni Ci-N kay Eren.

Kasi naman, may tama naman sya don. Nanahimik kami tapos biglang sasabihin na kasali kami. Buti sana kung sa isang competition lang.

Meron ng Mr. Ganda at Ms. Pogi, tapos meron pang battle of the band, meron ding singing contest at dance troops. Anu? Kamusta naman yun!

Sino-sino naman samin ang sasali don?

**"Anong balak Keifer?"** Tanung nila sa Hari ng mga ulupong.

**"Tss."** Sagot nya.

*Wow! Laking tulong!*

Sarap putulin ng dila nito. Kinakausap ng maayos tapos ganun lang isasagot.

**"Jay! Tara na!"** Tawag sakin ni Eman.

Lunch break na kasi at kasalukuyang nagluluto si Eman. Syempre dahil active ang mga ulupong sa kainan, gumawa na sila ng pila sa harap ng table na nilalagyan namin ng pagkain nila.

Ayos diba?

"*Wag ka nga manulak!*"

"*Ci-N! Ako nauna sayo!*"

"*Ako kaya! Dun ka nga! Jay-jay oh!*"

"*Mga patay gutom kayo... Pare-pareho naman tayong makaka-kain.*"

"*Anu ba yan?*"

Ang gulo nila! Sumasakit ang ulo ko. Masakit na nga kanina dahil kay Freya tapos gagatungan pa nila.

**"Ang kakapal nyong magsi-pila, nagbigay ba kayo nung singilan?!"** Tanung ko sa kanila.

Matapos kasi ang unang lutuan namin, naningil na si Eman. Baka akalain nitong mga to na libre lahat ng serbisyo namin.

Nagkamot ng ulo yung iba. Merong umiwas at patay malisya, sympre hindi mawawala yung mga proud na nagbigay at yung makakapal ang muka na pinag-mamalaki na hindi sila bayad.

*Kapal muks!*

**"Maniningil kami mamaya! Doble babayaran nyo!"** Utos ko sa kanila.

Hindi naman sila pwedeng tumanggi at nakikilamon lang naman sila.

Si Eman ang nagsasandok ng kanin mula sa malaking rice cooker na dala nya. Para daw patas dahil magkakaroon ng lamangan yan. Pati ulam ma Sinigang na Baboy sya rin ang nag-sasandok.

Ako naman ang nag-aabot sa mga ulupong na masarap lasunin.

*Pero mabait ako kaya hindi ko gagawin yun.*

Tinitignan ko sila isa-isa habang kumakain mula sa pwesto ko. Si Keifer at Denzel nalang ang walang pagkain.

Hiniram ko yung tray na dinala ni Eman dito. Ilalagay ko kasi yung pagkain ng Hari ng mga ulupong.

*Special dapat!* Pambayad utang eh.

Merong juice, slice ng cake na binili ko bago pumasok at pang-five star hotel na serving ng pagkain.

**"Eto na po... Your majesty!"** Sabi ko bago ibaba yung tray ng pagkain.

Tinignan ako ng masama ni Keifer bago kuhanin yung binigay ko. Kinuha ko naman yung para kay Denzel. Mukang wala syang balak kumain.

Ilang araw na syang tulala at parang ang lalim ng iniisip. Ayokong gumawa ng kwento pero may pakiramdam kasi talaga ako na yung pregnancy test yung hawak nya. Malamang yun din ang iniisip.

*Naku!*

Hindi pa nga pala kami nag-uusap ni Kuya buhat nung gabing pinagkamalan nila kong buntis. Tampo-tapuhan ang drama ko, masama din kasi ang loob ko na hindi nya ko pinakinggan.

Binaba ko yung pagkain sa harap ni Denzel pero sa kawalan pa rin ang titig nya.

**"Denzel..."** Agaw ko sa atensyon nya. **"...kumain kana."**

**"S-salamat Jay, pero wala akong gana."** Sabi nya at bahagyang nilayo ang pagkain sa kanya.

Pagkakataon ko na syang tanungin.

**"May problema kaba?"** Tanung ko.

Umiling si Denzel, pero hindi pa ko tapos at hindi ako titigil.

**"Okay lang magsabi sakin, alam mo yan."**

**"W-wala talaga... Ayoko lang kumain."**

**"Denzel... Halatang may problema ka. Magsabi kana. Tungkol ba sa babae? Broken hearted kaba? Binasted kaba? Naka-*buntis* kaba?"**

Bahagyang yumuko si Denzel at umiwas ng tingin.

*Huli!*

**"Anu? Bakit hindi ka sumasagot?"** Patay malisya kong tanung.

Huminga ng malalim si Denzel. Sinenyasan nya kong lumapit sa kanya. Ginawa ko naman at hinintay ang sasabihin nya.

**"Jay..."** Panimula nya. **"...Aaminin ko sayo. Bu...."** Humugot ulit sya ng hininga. **"...Buntis ako."** Bulong nya.

Gusto kong tumawa kasi parang joke yung sinabi nya pero seryoso sya. Dead serious!

Bumulong din ako sa kanya. **"Ginagago mo ba ko?"**

**"Seryoso ko..."** Sagot nya.

Tinignan ko syang mabuti. Kelan pa nabuntis ang lalaki? Unless kung my matres sya.

**"Panu mangyayari yun?"**

**"Kasi Jay... Babae talaga ko. Nagpanggap lang akong lalaki sa takot ko sa kanila."** Paliwanag nya.

Nanlaki yung mata ko sa pagkabigla at tinignan ko sya mula ulo hangang paa.

*Is that possible?*

Maya-maya bigla nalang tumawa ng malakas si Denzel. Ligayang ligaya sya sa pagtawa kaya nakuha ko na niloloko lang nya ko. Impakto!

**"Hahahaha... Paniwalain ka pala?! Hahahaha!"** Sabi nya habang patuloy sa pagtawa.

*Gago lang!*

Pinagtitinginan na kami ng mga ulupong. Malakas na palatok sa ulo ang binigay ko sa kanya para matahimik sya.

**"Masakit yun!"** Reklamo nya habang nakahawak sa ulo.

**"Seryoso ako dito!"**

**"Kasi naman... Ang kulit mo kaya! Sinabi ng wala pero ayaw mong maniwala!"**

**"Tsk! Muka ka kasing timang! Tulala ka!"**

**"May iniisip nga lang yung tao!"**

**"Iisipin mo ba yun kung hindi----"**

**"SHUT UP!!"** Sigaw ni Keifer na nagpatigil saming dalawa.
**"...Nakakaistorbo kayo! Dun kayo sa labas mag-away!"**

Para kaming bata na napayuko at tumingin sa isa't isa. Pero hindi pa rin kami tumigil. Nagturuan pa kami kung sino may kasalanan.

*Kasalanan nya kaya!*

**"Hindi talaga kayo titigil?!"** Galit na tanung ni Keifer.

**"Titigil na..."** Sabay naming sagot ni Denzel.

Kinuha ko nalang yung pagkain sa harap ni Denzel. Ako nalang ang kumain.

**"Kala ko ba para sakin yan?"** Tanung nya.

**"Kala ko ayaw mong kumain?"** Balik kong tanung sa kanya.

Napakamot nalang sya sa ulo at tumayo para kumuha ng pagkain. Wala daw gana tapos kumuha din ng kakainin.

*Abnormal talaga!*

Tapos na kong kumain ng mapansin ko si Felix. Tapos na rin syang kumain habang nasa sulok. Hindi ko pa nga pala sya nakaka-usap.

Lumapit ako at naupo sa bangko sa harap nya.

**"Gusto mo ng chocolate?"** Alok ko sa kanya.

Nakatingin sya sa ibang direksyon at parang malalim din ang iniisip. **"Ayoko."** Mabilis nyang sagot.

**"Felix... Galit ka ba sakin? May nagawa ba ko sayo?"** Tanung ko.

Hindi sya sumagot. Pinagpatuloy ko ang pagtatanung.

**"...May nasabi ba ko? Pinagdamutan ba kita ng pagkain? Anu bang kasalanan ko?"**

Hindi pa rin sya sumasagot at sa ibang direksyon pa rin nakatuon ang tingin. Kaya naman...

**"...Anung ginawa ni Aries sayo?"**

Bigla syang tumingin sakin. Hindi ko mabasa kung nagagalit ba sya o ano. Pero hindi maganda yung pakiramdam ko.

Bahagya syang lumapit sakin at bumulong. **"Marami..."**

**"Anu----"**

**"Mamamatay tao si Aries."** Dagdag nya at umalis sa harapan ko.

Kinabahan ako bigla dahil sa sinabi nya. Natakot ako na hindi ko maintindihan.

Napatingin ako sa gawi ni Keifer. Nagsalubong ang mga tingin namin. Para bang inaalam nyang pilit yung nararamdaman ko.

Pakiramdam ko, alam nya yung dahilan kung bakit nagagalit sakin si Felix.

Tumayo na ko at bumalik sa pwesto ni Eman. Nag-iba na talaga yung pakiramdam ko. Hindi ako mapakali. Daig ko pa yung nata-tae nito.

**"Okay ka lang Jay?"** Tanung sakin ni Eman.

Nagpilit ako ng ngiti at tumango. Pero hindi talaga ko mapakali.

Lumabas muna ko sandali para magpahangin. Buti nalang at may malalaking puno sa hindi kalayuan kaya presko ang hangin sa labas.

Naglakad lakad muna ko sa paligid ng mapansin ko si Denzel. Meron syang kausap o mas tamang sabihin na kaaway.

*Si Canvas-2*! Yung alipores ni Freya. Umiiyak sya at nag-aaway sila ni Denzel. Bahagya akong lumapit para maranig sila.

*Tsismosa na kung tsismosa pero alipores ni Freya yan kaya kailangang mag-espiya.*

**"Umalis kana nga dito!"** Sigaw ni Denzel.

**"Ganyan kaba talaga?!"** Sagot ni Canvas-2.

**"Wag mo kong sagarin! Masasaktan ka talaga!"** Sigaw ni Denzel.

Nakakaawa si Canvas2 pero hindi ako pwedeng maki-alam sa kanila. Hindi ko naman alam kung anu yung nangyayari. Tama na yung naki-tsismis ako.

**"Denzel! Nagmamaka-awa ako sayo!"** Paki-usap ni Canvas-2.

**"Umalis kana!"**

**"Maawa ka samin ng magiging anak mo!"**

*Tang'na this!!*

Hindi kinaya ng brain cells ko! Pati bulate ko sa utak, tumalon sa gulat.

Tumakbo ako pabalik sa room. Bahala na kung nakita ako nila Denzel. Hindi ko talaga kinaya.

Tama ako! Sa kanya yung pregnancy test. Panu na yan? Panu na yung pag-aaral nila?

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 67

**Author's Note:** Ang hirap ng pang-gabi... Pati utak nagiging panggabi.. hahahaha.. The long wait is over.. Salamat sa paghihintay.

+++++++++++++++++++++++++++++

**Overload**

***Jay-jay's POV***

Feeling ko sasabog na utak ko! Hindi kinaya ng powers ko at ng mga organs ko yung mga nangyayari.

*Ang harsh ni Author! Pinahihirapan ako!*

Sakit na nga sa ulo si Freya, may nabuntis pa tong si Denzel at yung sinabi pa ni Felix na nagpanginig sa laman ko. Anong sunod? Uulan ng Apoy?

(*AlN: Gusto mo ba? Madali akong kausap.*)

Scratch that!!

Anong susunod? Uulan ng pogi? Uulan ng pera o uulan ng swerte? Good news naman para maiba. Ang nega kasi ng mga nangyayari.

Palakad-lakad ako sa loob ng kwarto. Hindi ko alam kung anong dapat kong isipin. Naaawa ako kila Denzel, magkaka-anak na sila.

Kung tutuusin hindi ko na dapat paki-alaman yun. Pero ang bata pa kasi nila. Si Denzel ang sunod kay Ci-N sa pinaka-bata.

Mag-17 pa lang daw sya next three months sabi nila Eman. Ang mga kabataan naman talaga.

*Wow! Matanda kana Jay?*

Alaga naman ako sa paalala ni Lola. Dahil nga pasaway ako dati, hindi nya ko tinitigilan ng sermon tungkol sa mga ganyang bagay. Kahit mag-sigawan na kami sa bahay, hindi pa rin sya titigil.

Sa totoo lang, nakakagutom ang pag-iisip. Naisip kong lumabas muna ng bahay at puntahan yung cafe na kinainan namin ni Yuri dati.

Kinuha ko yung bike ko na pinag-tyagaan ni Tito Julz ayusin. Bago sila umalis buo na ulit at ready na gamitin.

**"Saan ka pupunta?"** Tanung ni Aries bago ako tuluyang makalabas ng gate.

**"Bibili lang."** Bored kong sagot.

Hindi ko na sya hinintay magsalita. Ipapa-alala lang naman nya yung rules kemirut nya. Feeling naman nya susundin ko yun.

*Manigas!*

Mabilis ang pagpidal ko. Gusto ko na kasi talagang makabili. Pero pagdating dun.

*Close for Renovation!*

Anak ng tokinawang hapon! Paka-effort pa kong magpidal ng mabilis tapos '*Close*'. Nakakasama naman ng loob tong cafe na to.

Nagpidal nalang ako ulit. Kung saan ako pupunta? Hindi ko alam. Mukang naliligaw na ko! Pero manalig lang, baka may makita akong pamilyar na lugar.

May 20 munites na ata akong paikot-ikot. Napapakanta na ko ng '*Ikot ikot lang... Ikot ikot*' ni Sarah Geronimo. Naguumpisa ng mawala ang pananalig ko!

Napahinto ako sa tapat ng basketball court. Kinapa ko yung phone ko sa bulsa pero kung hindi ba naman... *Arrgghh!!* Iniwanan ko nga pa lang nakasaksak.

*Shutang'names naman!*

Naiiyak na ko! Panu kung hindi na ko makabalik?

May narinig akong nagdi-dribble sa court. May tao! Pwede akong magtanung kung saan ang papunta sa kalye namin.

Pumunta ako sa court habang tulak-tulak yung bike ko. Nakatalikod yung lalaking naglalaro mag-isa ng basketball. Tatawagin ko sana pero napahinto ako ng ma-realize kung sino yun.

*Felix?*

Lahat yata ng tecnique sa basketball nagawa nya at walang mintis ang pag-shoot sa bola. Mas lumapit pa ko sa kanya.

Naupo ako sa bleacher sa gilid ng court. Basang basa na ng pawis si Felix at dinig ko na rin yung pagkahingal nya.

Bigla syang nag-three point shot.

*Shoot!*

Napa-palakpak nalang ako dahilan para lumingon si Felix.

**"Galing..."** Sabi ko habang nakangiti.

Hindi sumagot ang Felix. Lumapit sya sa gym bag nya na nasa hindi kalayuan sakin. Uminom sya ng tubig at naupo.

**"Magaling ka pala magbasketball."**

Hindi pa rin sya sumasagot. Nag-mumuka na kong tanga dito! Para akong papansin na ewan sa kanya.

**"Tapos kana? Pwede kanang umalis?!"** Iritang tanung nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. Mabilis akong tumayo at tumapat sa kanya.

**"Oo na! Galit kana kay Aries! Pero bakit kailangan mo kong idamay sa galit na yan?!"**

Tumayo din sya at nakipagtitigan sakin. Kahit malaki sya sakin hindi ako pwedeng magpa-intimidate sa kanya.

**"Dahil nakikita ko sya sayo! Nakikita ko yung taong sumira ng pamilya ko!"**

Pamilya? Ang dami namin nyang akusa kay Aries. Mamatay tao na maninira pa ng pamilya.

**"Naiintindihan kong galit ka! Pero----"**

**"HINDI! Hindi mo naiintindihan! Tigilan mo na yung pakiki-alam sa buhay namin na parang alam mo ang lahat!"**

**"Nakiki-alam ako kasi kailangan!"**

**"Nakiki-alam ka kasi paki-alamera ka!"**

Natigilan ako sa sinabi nya. Masakit din yun para sakin. Nakiki-alam ako kasi may bahagi ko na gustong tumulong. Hindi ko alam kung nahalata yun ni Felix, pero bahagya syang huminahon.

**"N-namatay ang stepbrother ko dahil sa kanya. Dahil dun naghiwalay yung parents namin."**

Yun pala talaga yung dahilan. Pero bakit naging kasalanan ni Aries yun? Anu bang ginawa nya?

**"S-sorry... P-pero hindi ka naman dapat sakin magalit."**

Huminga sya ng malalim at naupo ulit. Ginamit nyang pang-suporta yung tuhod nya para sa siko nya.

Bahagya nyang kiniskis ang mga palad at tumingin sa sahig.

**"Hindi ko mapigilan. Pakiramdam ko lahat ng malapit sa kanya dapat kong kamuhian."**

Naaawa ako kay Felix. Pakiramdam ko sobrang bigat ng pinagdaanan nya.

**"F-felix----"**

**"Hindi mo kailangang magsalita. Mali ako, hindi dapat kita dinamay."**

Nakahinga ako ng maluwag sa sinabi nya. Naupo ako sa tabi nya at hinawakan yung bola.

**"Marami kang gustong itanung. Alam ko yun."** Sabi ni Felix.

**"Pero mas mabuti kung wag muna nating pag-usapan."** Sagot ko.

Kahit kating kati ako makakuha ng impormasyon mas mabuti kung wag muna. Mahirap basahin tong si Felix, baka bigla na namang topakin.

**"S-sorry Jay... Sorry kung pati ikaw dinamay ko. Para kasing nag-flashback sakin lahat nung nalaman kong magkamag-anak kayo."**

**"Okay lang... Mahirap yung pinag-daanan mo."**

Tumahimik kami pareho. Hindi ko na din kasi alam ang sasabihin ko sa kanya. Sya naman parang may iniisip na kung ano.

Sandali kong pinag-laruan yung bola sa kamay ko.

**"Nagpa-practice ka naba para sa Festival?"** Tanung ko para maiba yung usapan.

Umiling si Felix. **"Hindi naman ako kasali sa basketball team."**

**"Pero ang galing mo... Sayang yun."**

Nagpilit ng ngiti si Felix. **"Kasali sana ko... Pero pinatanggal ako ni Aries sa team. Pagkakataon ko na sana para masama sa pagpipilian ng bibigyan ng scholarship sa college. Kayalang panu mangyayari yun kung wala ako sa team."**

Pinatong ko yung bola sa hita ko. Gusto kong magsorry dahil sa ginawa ni Aries pero wala namang mababago yun. Isa rin siguro to sa mga dahilan ng galit nya kay Aries.

**"Sana may maitulong ako sayo."**

**"Sana nga..."** Bulong nya.

Kinuha nya sakin yung bola at bumalik sya sa paglalaro. Nanood lang ako, hangang sa mapagod sya at magdisisyong umuwi.

Tinuro na rin nya sakin ang daan pauwi samin. Kung iisipin okay na kami pero ang totoo ramdam ko pa rin yung ilang.

Siguro magiging maayos kami na kagaya dati pero hindi ko alam kung kelan.

Meron lang akong naiisip. Ka-ano-ano ni Felix si Calix at Edrix? Magkakalapit yung pangalan nila.

Pagdating sa bahay, si Aries ang sumalubong sakin. Naka-cross arm sya at masama ang tingin sakin.

**"Yan ba yung bibili?! Inaabot ng limang oras!"** Bungad nya sakin.

**"N-naligaw kasi ako."** Palusot ko.

Pero totoo naman. Naligaw naman talaga ako.

Umiling nalang ang Aries at hinayaan akong makapasok sa loob. Dumiretso ako sa kwarto at kinuha yung cellphone.

Ang dami kong text galing kay Ci-N at Eman. Meron din akong text galing kay Yuri pero '*Hi*' lang ang nakalagay.

Pagdating ng hapunan, wala pa rin si Kuya Angelo kaya dalawa lang kami ni Aries sa harap ng hapag. Naiilang ako sa kanya. Hindi kasi mawala sa isip ko yung sinabi ni Felix.

**"Tigilan mo nga yan!"** Galit na sabi ni Aries sakin.

**"Inaano ba kita?!"**

**"Nakatingin ka sakin habang kumakain! Nakakailang kaya!"**

Ako kaya yung naiilang. Pakiramdam ko ang daming nangyari sa buhay ni Aries mula ng hindi na nya ko kausapin.

**"Hindi kaba titigil?!"**

**"Anu na naman ba?!"**

**"Tsk!"**

*Baliw!* Napapraning na ata tong si Aries. Masama ba syang tignan? Sa gusto ko syang tignan eh!

Gusto ko talagang malaman yung pinag-gagawa ni Aries nun.

**"Kilala mo ba yung kapatid ni Felix?"** Biglang tanung ko.

Tumigil sya sa pagkain pero sa plato nya pa rin sya nakatingin.

**"O-oo.."**

**"Anung ginawa mo sa kanya?"**

Bigla nyang hinampas yung lamesa. Galit nya kong tinignan.

**"Wala kana don! Wag mo ng paki-alaman pa yun!"**

**"Naiipit ako sa away-away nyo! Tapos hindi ako makiki-alam?! Anu gagawin ko?! Ta-tanga?!"**

Tumayo na sya mula sa pagkaka-upo at akmang aalis pero hinarangan ko sya.

**"TIGILAN MO KO!!"** galit na sigaw nya sakin.

Pero hindi pa rin ako nagpatinag.

**"Anu bang ginawa mo sa Section E at galit na galit sila sayo?!"**

Parang may kung anong pumitik sa utak ni Aries at bigla nalang nya ko hinawakan sa braso at tinulak pasandal sa pader.

**"Percy! Percy ang pangalan ng kapatid ni Felix! At hindi ko kasalanan na namatay sya!"**

Sasagutin ko sana sya pero nagulat ako ng may luhang pumatak mula sa isang mata nya. Binitiwan nya ko at mabilis na naglakad palabas ng Dining.

*Umiiyak sya?*

Bakit? Anong ibig sabihin nun? Ngayon ko nalang ulit nakitang umiyak si Aries.

Napaupo ako sa sahig. Pakiramdam ko mali yung ginawa ko. Na-guilty ako bigla. Hindi ko naman sinasadya. Gusto ko lang malaman yung totoo.

*S-sorry Aries!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 68

**Canvas-2**

***Jay-jay's POV***

**" *Tagu-taguan maliwanag ang buwan... Pagbilang kong tatlo nakatago na kayo... 1.. 2.. 3..* "** kanta ni Ci-N habang nakaharap sa pader at nakatakip ang mata.

Wala kasi kaming teacher ngayon kaya naman naisipan nilang maglaro. Masyado pa kasing maaga para magluto ng lunch.

**"GAME!"** Sigaw ni Ci-N at hinanap na yung mga kalaro nya.

Habang sila busyng busy sa paglalaro. Ako eto, nakatanga sa kung saan habang naka-upo sa sahig sa may pinto.

**"Jay! Umayos ka nga ng upo."** Utos ni Yuri.

Hindi ko sya pinansin. Wala kong paki sa pwesto ko. Masarap pumwesto dito sa may pintuan, medyo malakas ang hangin.

**"Jay! Umayos ka. Nakikitaan kana."** Ulit ni Yuri.

Tumayo nalang ako at pinagpagpag ang palda ko. Istorbo naman kasi tong Yuri na to. Ang sarap ng upo ko at ang lalim ng muni-muni ko.

**"May problema kaba?"** Tanung nya sakin.

*Meron! Marami!*

**"Wala..."** Bored kong sagot.

**"Pero ang haba ng nguso mo dyan."**

Napahawak naman ako sa nguso ko. Naka-pout nga ako pero hindi mahaba. *O.A nitong Yuri na to!*

**"Magsabi kana... Anu ba kasi yun?"** Tanung nya ulit.

*Makulit din!*

Huminga ako ng malalim. Ayoko sanang magsalita pero alam kong hindi ako titigilan nitong si Yuri.

**"S-si Aries kasi."**

**"May nangyari ba kay Aries?"**

Umiling ako. **"Pakiramdam ko kasi may nasabi akong hindi maganda. Bigla nalang syang umiyak."**

Tumawa ng mahina si Yuri. **"Seriously? Aries cried?"**

Akala ata niloloko ko sya.

**"Oo... Pinag-uusapan lang namin yung kapatid ni Felix. *Anu nga ulit pangalan nun?* Pe-Percy? Percy! Yun!"** Paliwanag ko.

Napatingin ako kay Yuri. Hindi kasi sya sumagot sa sinabi ko. Naging seryoso yung muka nya. Para bang may nasabi ako na hindi maganda.

**"Bakit nyo sya pinag-usapan?"** Seryosong tanung nya sakin.

**"Bakit nga ba? Nakausap ko kasi si Felix nung umaga, sinabi nya sakin yung tungkol sa kapatid nya. Tapos nung gabi, nabanggit ko kay Aries. Ayun, nag-away kami."**

Tumahimik ulit si Yuri. Para bang meron syang iniisip.

**"Bakit? May problema ba?"** Tanung ko.

Bigla nya kong hinawakan sa ulo at ginulo yung buhok ko.

**"Makipag-laro ka muna kila Ci-N."** Utos nya sakin.

Pumasok sya sa loob ng room at lumapit kila Keifer. Hindi ako sigurado sa nangyayari pero baka mas mabuti ngang sumali muna ko kila Ci-N.

Naglakad-lakad ako para hanapin sila. Umikot na ko sa gilid ng building ng Section E. Pero hindi ko makita yung mga luko. Babalik na sana ko sa room ng my marinig akong sigawan.

**"ANU BA?!"**

**"PAKINGGAN MO NAMAN AKO!"**

Parang boses ni Denzel yung isa pero hindi ako sigurado dun sa kausap nya. Hinanap ko kung nasan sila.

Sa likod ng malaking puno ko sila natagpuan. Si Denzel nga yung isa at si Canvas-2 na naman yung kaaway nya.

**"Malapit na kong mapuno sayo!"** Sigaw ni Denzel.

**"Denzel naman! Maawa ka naman sakin! Panu na ko?! Panu na yung magiging anak natin?!"** Sabi ni Canvas2 at umiyak na naman.

Eto na naman sila. Hindi ko maintidihan yung pinag-aawayan nila. Pero nakaka-awa yung itsura ni Canvas2. Kalat-kalat na kasi yung make-up nya.

**"Hindi nga ako sigurado kung sakin talaga yan eh!"**

Napataas ang isang kilay ko don. Yan ang sinasabi ng mga lalaking putrages na ayaw panindigan yung ginawa nila.

*Tsk! Tsk!*

**"Ang kapal ng muka mo! Alam mo namang sayo ko lang binigay ang sarili ko!"** Lalo pang lumakas ang pag-iyak nya. Hinampas-hampas na rin nya si Denzel.

**"Umalis kana nga! Wag kanang magpapakita dito!"** Sigaw ni Denzel.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Lumapit na ko sa kanila. Maling-mali kasi yung ginagawa nitong si Denzel.

**"Denzel."** Tawag ko sa atensyon nya.

Halatang nagulat si Denzel at tinignan naman ako ng masama ni Canvas-2.

**"J-jay... Anung ginagawa mo dito?"** Tanung sakin ni Denzel.

**"Pwede umalis kana dito?! Hindi mo nakita nag-uusap kami?!"** Sigaw sakin ni Canvas-2 dahilan para tignan sya ng masama ni Denzel.

**"Wag mo ngang sigawan si Jay! Umalis kana dito!"**

Tinignan ako ni Canvas-2, mula ulo hanggang paa. Humarap sya kay Denzel.

**"Sya ba dahilan kaya ayaw mo kong panagutan?!"** Tanung nito.

Napasinghap nalang si Denzel sa galit. Mukang napipikon na talaga sya dito kay Canvas-2.

**"Hindi ako. At kung anu man yang pinag-uusapan nyo. Wala akong alam."** Bored na sagot ko. **"...Gusto ko lang kausapin tong si Denzel."**

Pareho silang naguluhan sa sinabi ko. Kaya naman bahagya akong lumapit kay Denzel at kinultukan sya ng malakas sa ulo.

**"Aray! Para saan yun?!"**

Tinignan ko sya ng masama. **"Bakit ganyan ka makipag-usap sa babae?!"**

**"Hindi mo naiintindihan Jay..."** Sagot nya sakin habang hinihimas ang ulo nya.

**"Ipaintindi mo! Sige! Explain!"**

**"Jay-jay... Kasi..."** Umiwas sya ng tingin.

**"Ayaw nya kong panagutan!"** Singit ni Canvas-2.

**"Pwede ba?! Hindi nga sakin yan! Umalis ka na nga dito!"** Sigaw na naman ni Denzel.

**"Denzel!"** Tinignan ko sya ng masama. **"...Bumalik kana sa room."**

Ayaw sanang nyang sumunod pero pinandilatan ko sya ng mata. Nag-iwan muna sya ng natalim na tingin kay Canvas-2.

Nang mawala sa paningin namin, hinarap ko na ulit tong isa.

**"Mahilig kang maki-alam diba?! Kausapin mo si Denzel! Sabihin mo panagutan nya ko!"** Sabi ni nya sakin habang patuloy sa pag-iyak.

*Maka-utos naman to! Close tayo?!*

**"Wag mo nga akong utusan! Tumigil ka sa pag-iyak. Baka kung anong mangyari sa Baby mo."**

Bahagya syang tumahan at pinunasan ang muka nya. Ngayon ko lang napansin na tumaba nga sya mula nung huli naming pagkikita.

Nakikita ko sya palakad-lakad kasama ng mga classmate nya pero sandali lang yun. Hindi ko rin naman sya pinagmamasdan, syempre naiinis ako sa kanya.

**"Alam na ba to ng magulang nyo?"** Tanung ko.

**"Wala akong magulang."** Inis na sagot nya sakin.

**"Sinong pinagsabihan mo tungkol dyan?"**

Umiwas sya ng tingin at hinawakan ang tyan nya.

**"S-si Freya, pero pinagtawanan lang nya ko. Hindi daw ako marunong kaya nabuntis ako."**

*Wow! True Friend!*

**"Ayos! Galing ng tropa mo, nakatulong sya."** Sarkastiko kong sabi.

Nagsimula na naman syang umiyak. Medyo natakot ako baka kasi may nasabi akong hindi maganda.

**"H-hala... Wag kang umiyak! May nasabi ba kong hindi maganda?! Wag ka nang umiyak... Ano..."**

*Aarrrgghhh!!!* Hindi ko alam pangalan nya! Binansagan ko lang syang Canvas-2.

**"Grace... Grace ang pangalan ko."** Sabi nya habang pinupunasan ang luha nya.

**"Tumahan kana... Kakausapin ko si Denzel. Kung kailangang balian ko sya ng buto gagawin ko."**

Tumango sya sakin. Sabay na kaming naglakad pabalik sa room pero hindi dun ang punta nya. Dun lang sya dumaan.

Pagpasok sa loob, nilapitan ako ni Ci-N.

*Andito na pala to?!*

**"Bakit kasama mo yung alipores ni Freya?"** Tanung nya sakin.

**"May tinanung lang."** Sagot ko.

Napatingin ako kay Denzel. Hindi ko alam kung ako ba dapat ang kuma-usap sa kanya tungkol don. Pero siguro mas maganda kung mas matured na tao ang kakausapin nya.

*Si Kuya Angelo kaya?*

Baka masermunan lang sya. Kawawa naman pagnagkataon.

Tinignan ko sila Yuri na busy'ng busy sa pakikipag-usap kay Keifer at Felix.

*Si Yuri nalang kaya!*

Pwede rin kayalang.... Parang hindi. Baka kagalitan lang nya si Denzel.

*Si Keifer?*

Mas lalong hindi. Baka bugbugin pa nya si Denzel. Wala ding saysay kausap tong Hari ng mga ulupong.

Napatingin ako sa table sa tabi ng table ko. Kung saan nakapwesto si David at kasalukuyang natutulog.

*Si David!*

Matured na mag-isip tong isa na to. Hindi rin nya kakagalitan si Denzel at hindi rin nya babanatan.

Si David nalang talaga. Lumapit ako sa kanya at ginising sya.

**"Hmm.."** sagot nya sakin habang pupungas-pungas.

**"Kain tayo mamaya..."** Aya ko sa kanya.

Taka nya kong tinignan. **"Inaaya mo ba kong magkipag-date?"** Tanung nya.

Medyo napalakas yung pagkakasabi nya kaya agad kaming pinagtinginan. Lumapit na rin samin si Ci-N.

**"Magd-date kayo?"**

Hindi sana ang isasagot ko kayalang baka magsisama naman sila. Si David nga lang ang kailangan kong makausap.

**"O-oo.."** alanganin kong sagot.

**"Sama ako!"** Sigaw ni Ci-N.

**"H-hindi pwede!"**

**"Bakit si David lang inaaya mo?"**

Tengene naman! Si David nga lang ang kailangan kong maka-usap.

**"...dapat ako din!"** Dagdag pa ni Ci-N.

Natampal ko na ang sarili kong noo. Napaka-kulit nitong bata na to! Hindi magpapa-awat.

Tinignan ko si David na mukang inaantok pa rin.

**"O-okay lang ba kung kasama si Ci-N?"** Tanung ko.

Tumingin naman sya kay Ci-N bago muling humarap sakin.

**"Okay lang... Ako nalang pipili ng lugar."** Sabi nya at dumukdok ulit para matulog.

Tinignan ko si Ci-N na may alanganing ngiti. Tuwang tuwa naman ang walang hiya kasi kasama sya.

Panu ko kakausapin si David ng hindi naririnig ng isang to?! Madaldal pa naman sya, sure akong ikukwento nya sa iba kapag nalaman nya yung pag-uusapan namin.

Napatingin naman ako sa paligid ko. Lahat sila samin nakatingin. Para bang big deal yung pinag-usapan namin.

Yung tingin ni Yuri at Keifer ang tumatak sakin. Kinilabutan kasi ako agad.

**"Type mo ba si David?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 69

**Date**

***Jay-jay's POV***

Sabi ko kakain lang. Wala akong sinabi na mamasyal sa pesteng Amusement Park!

Hindi ko alam kung sinong impakto ang sumapi kay David at dinala nya kami ni Ci-N dito. Eto namang isa, tuwang tuwa.

**"Ayoko na!"** Sabi ko habang nakikipag-hatakan kay Ci-N.

**"Isang rides pa!"** Sabi nya at pilit akong hinatak papunta sa roller coaster.

**"Ayoko na talaga Ci! Hindi na kaya ng katawan ko!"** Sabi ko na may halong pagmamaka-awa.

Binitiwan ako ni Ci-N at napakamot nalang sa ulo nya. **"Ang hina mo naman."**

*Putrages!* Mahina pa ko sa lagay na to? Pang-anim na rides na ata tong gusto nyang sakyan namin. Partida! Makabaliktad sikmura pa yung mga sinasakyan namin ah!

**"Ikaw nalang muna yung sumakay. Babantayan ko muna si Jay-jay."** Sabi ni David.

Tumango ang Ci-N at nakipila sa rides na gusto nya. Naupo muna ko sa isang bench. Pakiramdam ko nabugbog ang katawan ko.

**"Gusto mo ng tubig?"** Alok nya sakin ng hawak nyang bottled water.

Umiling ako. Hindi tubig ang kailangan ko.

Buti nalang pumayag si Ci na mag-rides mag-isa. Kailangan ko na talagang kausapin tong is David.

**"David.."** tawag ko sa kanya. **"..panu kapag nabuntis mo yung girlfriend mo?"**

**"Edi papanagutan ko. Magpapakasal kami kung gusto nya."** Mabilis nyang sagot sakin.

Buti pa sya ganun yung pag-iisip.

**"...bakit mo natanung?"** Dagdag nya.

**"Si Denzel kasi..."**

**"Ayaw pa rin nyang panagutan si Grace?"** Tanung nya na kinabigla ko.

*Alam nya?*

**"Alam mo na rin yun?"**

Tumango sya at naupo sa tabi ko. **"Narinig ko silang nag-aaway."**

**"Anung ginawa mo? Kinausap mo sya?"**

Umiling si David. **"Ayoko syang komprontahin. Hihingi ng tulong si Denzel kung kailangan."**

**"Pero kawawa naman si Grace. Iyak na nga ng iyak dahil sa ginagawa nya."**

**"May dahilan si Denzel. Hindi sya ganung klase ng tao. Hindi nya tatakbuhan ang problema."**

Napaisip naman ako dun. Tama sya, parang wala sa bokabularyo ng mga ulupong na yun ang tumakbo sa responsibilidad.

**"Naaawa na ko kay Grace. Kausapin mo naman si Denzel. Sa gantong sitwasyon, lalaki sa lalaki dapat dahil iba ang point of view naming mga babae sa ganyan."**

Bahagyang tumawa si David. **"You sound so matured."**

*Ako? Sound matured?*

**"Talaga?"**

**"Yeah. But if you want me to talk to Denzel, i will. Hindi ko nga lang map-promise na magbabago yung isip nya agad."**

Okay lang yun. Baka sakaling buksan nya ang isip nya at makisip ng pwedeng gawin.

**"Okay lang... Bukas na bukas din dapat maka-usap mo na sya."**

**"Bukas? Bakit hindi pa ngayon?"**

Taka ko syang tinignan. Ngayon talaga? Eh nasa Amusement Park pa kami.

**"Anung oras na kaya? Andito pa tayo. Bukas nalang."**

**"Edi papuntahin natin sila dito."**

*Ha?* Pagkasabi nya yun bigla nalang nya nilapit ang muka nya sakin. Halos mapahiga ako sa arm rest ng bench sa paglayo lang sa kanya.

**"D-David..."**

**"Dry na yung lips mo. Gusto mo basain natin?"**

Bigla nalang uminit yung pisngi ko. Anu ba trip nito? Jusme! Yung puso ko!

*May gf ka uy!*

May biglang lumipad na basyo ng coke in can sa ere. Mga tatlo or lima, tumama yung isa sa ulo ni David kaya dumiretso sya ng upo. Ganun din ang ginawa ko at tinignan ang pwedeng panggalingan nung mga lata.

**"Saan galing yun?"**

**"They're here, sabi sayo ngayon nalang natin kausapin eh."**

Anu? Hindi ko maintidihan sinasabi nya.

**"Anu bang sinasabi mo?"** Tanung ko sa kanya.

**"Kanina pa nila tayo sinusundan. Maybe, before we even leave the school they already did."**

*Ha? Sinusundan kami?*

Tumingin ako sa likod namin. Wala akong makita na pamilyar sakin. Meron mga taga-HVIS pero kakaunti lang.

**"Hindi sila lalabas."**

**"Panu mo naman nalaman na sinusundan nila tayo."** Tanung ko habang patuloy pa rin sa paghahanap.

**"Instinct!"** Proud nyang sagot.

*Instinct daw?!*

**"Tara hanapin na natin sila."** Aya ko kay David.

Pero hindi sya gumalaw sa kinauupuan nya. Nakangiti lang sya habang nakatingin sa isang rides.

**"Palabasin nalang natin sila. I'm too tired to play hide and seek."** Sabi nya at ngumiti.

Minsan hindi ko magets tong David na to. Nahahawa na ata kila Keifer. Tumayo sya at lumakad papunta sa pila ng roller coaster.

Papalapit din samin si Ci-N. Mukang kakababa lang din nya galing sa rides.

**"Hindi ka sumama... Ang saya kaya!"** Bungad nya sakin.

**"Naku! Ikaw na nasiyahan."**

**"Gusto nyong kumain?"** Tanung samin ni David.

Pareho kaming nag-nod ni Ci-N. Yan talaga ang gusto ko! Pagkain! Pagkain!

Dinala kami ni David sa SnR. *Wow! Pizza!* Kayalang baka kulangin yung dala ko. Patay gutom pa naman tong kasama namin.

**"Pepperoni sakin! Dalawa!"** Sigaw ni Ci-N na nagpatawa sa babaeng crew sa counter.

**"Hehehe... Pasensya na kung maingay tong kapatid ko."** Sabi ko.

Sinabi ko nalang na kapatid ko para walang usap. Baka kung anu isipin kapag sinabi kong classmate ko lang.

*Iisipin delay ako sa klase kasi classmate ko bata!*

Ayoko ata nun!

**"Okay lang po... Cute nga po nya eh."** Sabi nung babae sa counter.

**"Umorder na kayo... Ako nalang magbabayad."** Singit ni David.

Ngumiti ako. **"Sabi mo yan ah?"**

Nag-nod naman ang David. Agad akong tumingin at lumapit sa counter.

*Libre men! Libre!*

**"Pepperoni din po. Tsaka fries. Tapos coke."**

Ngumiti naman yung babae sa counter. Si David naman ang nagsabi ng order nya. Matapos makuha yung order namin, naupo kami malapit sa bintana.

**"Nakita ko sila Yuri, kasama sila nung iba."** Sabi ni Ci-N habang kumakain.

**"Kailan mo sila nakita?"**

**"Nung nasa rides ako... Malapit sa pwesto nyo kanina."**

Nagtinginan kami ni David. Totoo nga, andito nga ang mga loko. Pero hindi ko muna sila iintindihin dahil masarap ang Pizza.

Pero anu namang trip ng mga yun at sinundan kami? Kasama ko naman sila David at Ci-N.

Pagkatapos kumain, nag-aaya na naman ng panibagong rides si Ci. Kakakain lang namin, gusto yatang isuka ko lahat.

**"Ayoko! Ikaw nalang!"**

**"Ikaw nalang Ci. Hihintayin ka nalang namin ulit."** Sabi ni David.

Walang nagawa si Ci-N kundi ang pumila sa rides na gusto nya mag-isa. '*Pirates Ship*' ang title nung rides. Nakasabit sa apat na poste----na nakahugis triangle----yung barko at dinuduyan ng malakas.

Nakatayo lang kami ni David sa hindi kalayuan.

**"Panu nga natin ulit sila papalabasin?"** Tanung ko kay David.

**"Ganito..."** Sagot nya at hinawakan ang isang kamay ko.

Napatingin ako sa kanya at hinawakan naman ng isang kamay nya yung pisngi ko. Hinimas-himas nya yon gamit ang hinlalaki nya.

**"D-David..."**

**"Don't worry... I'm not going to kiss you. I have a girlfriend, remember?"**

Tipid na tango ang sinagot ko sa kanya. Hindi ko nakakalimutan yun, cute kaya ng girlfriend nya. Hindi ko nga lang alam ang pangalan.

**"Now... Close your eyes."** Utos nya.

Pumikit ako kagaya ng gusto nya. Aaminin ko, wala akong feelings kay David pero hindi ko mapigilang hindi kabahan.

Hindi na normal ang paghinga ko. Sa bawat segundo na wala akong nakikita at nararamdaman lalung nagmamadali ang puso ko sa pagtibok.

**"Relax Jay."** Bulong nya, dahilan para maramdaman ko ang hininga nya na malapit lang sa labi ko.

*Mygudness! Palpitate!*

Pero yung sunod na nangyari ang hindi ko inaasahan.

**"Aaaahhhh!!!"**

May kamay na bumatak sakin palayo kay David. Napadilat ako at nagulat ng makita ang mga kaklase naming ulupong na nakapaligid samin.

*What the...*

Hawak nila Kit at Calix si David. Si Keifer naman ang nasa gitna namin na hindi maipinta ang muka.

Tinignan ko yung may hawak sakin na si Yuri pala. May kakaiba sa itsura nya. Para syang nagpipigil ng galit.

*Muka tuloy syang natatae!*

**"Gago ka David! May girlfriend ka diba?!"** Galit na sigaw ni Yuri.

**"And so?"** Nang-iinis na tanung ni David.

**"You're out of your mind!"** Sabi ni Keifer sa kanya.

**"Anong meron?"** Tanung ni Ci-N na kumakain pa ng cotton candy.

Kala ko nagrides to? Bakit may hawak syang pagkain?

**"CI! Kala ko wala kang pera?!"** Tanung ko.

**"Wala nga... Nilibre lang ako nung mga babae dun."** Sagot nya sabay turo sa grupo ng kababaihan na kinikilig pa habang kumakaway sa kanya.

**"Inuna mo pa yang cotton candy na yan kesa bantayan tong si Jay-jay at David?!"** Galit na tanung ni Keifer.

**"Bakit ko naman sila babantayan?"** Walang muang na tanung ni Ci-N.

**"Muntik ng mag-kiss tong dalawa."** Sagot ng isa sa mga ulupong.

Natigilan si Ci-N at nabitawan ang cotton candy'ng hawak nya. Nagpabalik-balik ang tingin nya sakin at kay David.

**"Hindi mo sya pwedeng halikan!"** Sigaw nya kay David.

**"Bakit naman?"** Tanung ni David.

**"Ako muna dapat."** Sagot ng walang hiya at bigla nalang ngumuso habang palapit sakin.

Malakas na palatok sa ulo ang binigay ko sa kanya. Luko kasi! Kala ko kung bakit, kalokohan na naman pala yung dahilan nya.

**"Aw..."** Sabi nya habang hinihimas ang ulo.

**"Puro ka kalokohan!"** Nilipat ko yung tingin ko sa mga ulupong.
**"...Bakit kayo nandito?! Sinusundan nyo ba kami?!"**

Bigla silang umiwas ng tingin. Kanya kanya ng arte, meron pang nagtse-tsek ng dahon sa puno. Meron ding sinisipa-sipa yung sahig. Tanging si Keifer at Yuri lang ang nakatingin sakin.

**"Kasi inaya mong makipag-date si David at Ci-N pero kami hindi."** Sagot ng isa sakanila habang nakayuko.

**"Yun lang?!"**

**"...and to make sure na walang gagawing kalokohan si David."** Dagdag ni Yuri sabay tingin ng masama kay David.

**"Wala naman akong ginawa ah?"** Sagot ni David sa kanya.

**"You almost kiss Jay-jay!"** Galit na sabi ni Yuri.

**"Bakit nagagalit ka?"** Tanung ni David.

Oo nga! Bakit parang nagagalit sya? Bahagyang namula si Yuri kaya napatitig ako sa muka nya.

*Anung meron?*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 70

**Group Date**

***Jay-jay's POV***

**"Horror house tayo!"** Sigaw ni Ci-N at ng iba.

**"Kayo na lang! Ayoko!"** Sagot ko sa kanila.

Mga animal! Ang O.A nilang pupunta dito at susundan kami. Tapos parang nagseselos pa silang hindi ko sila inaya.

**"KJ! Sasama ka!"** Sigaw nila.

Inirapan ko naman sila. Kahit ayoko sa Horror House, wala akong choice. Hindi papayag tong mga to na hindi ako sumama.

**"Naniniwala kana?"** Bulong sakin ni David.

**"O-oo... Ikaw na may *instinct.*"** Sagot ko sa kanya at ngumiti.

Ang kailangan na lang naming gawin ay humanap ng tyempo para makausap si Denzel.

Napatingin ako kay Yuri na tahimik lang. Para kasi syang napahiya kanina na hindi namin maintindihan.

Buti na nga lang at nagkasundo-sundo kami na mamasyal na lang ng sama-sama. Feeling naman nila ililibre namin sila.

*Manigas! Nagpapalibre lang din kaya ako!*

Napatingin naman ako sa malaking Ferris wheel. Medyo malayo pa yun sa pwesto namin pero dahil sa sobrang laki. Kitang kita ko na sa pwesto namin.

**"Sakay tayo dun mamaya..."** Sabi ko sabay turo sa Ferris Wheel.

**"Wag na! Umuwi na tayo pagkagaling sa Horror House!"** Sabi ni Keifer.

Tinignan ko sya ng masama. **"Umuwi ka kung gusto mo! Basta ako sasakay dyan!"**

**"Tss."**

Yan naman yung mahiwagang '*Tss*'. Nakakabusit talaga tong lalaki na to. Kahit kailan ang lakas ng saltik sa utak.

Nakarating kami sa Horror House. Entrance pa lang parang gusto ko na umuwi. *Tengene!* Alam ko namang tao lang at machinery yung nasa loob nyan. Meron akong ibang kinatatakutan.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

*Over Acting!*

Hindi ko napigilan yung sarili ko kanina. I don't know, but I have this weird feeling in my stomach and I immediately get mad.

*Kainis!*

Hindi tuloy ako makatingin kay Jay-jay. Nahihiya ako, baka kung anu isipin nya dahil ang O.A ko.

Naka-pila na kami sa entrance ng Horror House. Kailangan daw kasing maghintay ng 10 munites bago magpapasok ng panibagong grupo.

I try to look at Jay-jay. She looks so scared?----No! She looks so bothered. Para bang meron syang iniisip.

Gusto ko sana syang lapitan pero baka kung anu isipin ng mga to.

Sinenyasan kami ng crew ng Horror House na pumasok na. Nakapila pa kami. Nakagitna si Jay saming lahat.

Sa unang hallway palang nagkatakutan na. Biglang na lang sila nagsigawan. Halos mabasag ang eardrum ko.

*Itai!* (*Ouch!*)

Sinubukan kong tignan si Jay-jay pero hindi ko sya makita. Until they decided to run because of something.

Bakla ba tong mga to?

Sinubukan kong hindi umalis sa pwesto ko dahil gusto ko sanang puntahan si Jay-jay. Yung nga lang hindi ko sya makita, masyado ring makipot ang daan kaya natangay ako ng mga tumatakbo.

Huminto kami sa medyo maluwag na hallway. Naghabol muna ko hangin. Nahihirapan akong huminga sa lugar na to.

**"Guys! Si Jay-jay?"** Tanung ni Ci-N.

Agad kong niligid ang paningin ko pero wala nga sya. Hindi ko rin makita si David at Keifer. Wala din si Denzel at Eren.

**"Saan sila napunta?"** Tanung nila.

Sinubukan kong balikan yung hallway na pinanggalingan namin pero sarado na yung pinto.

*Crap!*

**"Hindi na tayo makakabalik! Kailangan nating dumiretso!"** Sabi nila.

But i need to get back! Panu kung ituloy ni David ang balak nya kaninang halikan si Jay-jay?

*Fvck!* Why do I feel this shit?! Why do I have to feel this?!

Pakiramdam ko mababaliw ako. This is not normal! Am i.... Am i feeling jelous?

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Hindi ako makagalaw. Pakiramdam ko may susugod sakin or mananakit. Hindi ko alam kung bakit ko nararamdaman to. Pero ayoko nito!

**"Get up!"** Sigaw sakin ni Keifer.

*Ayoko!*

**"Tumayo kana!"** Sigaw ulit nya.

"*Tumayo ka dyan!*"

Yan naman! Nagsisimula na naman! Hindi ko sigurado kung saan galing yun! Hindi kay Keifer, hindi sa Horror House na to at hindi sa ibang tao.

"*Palamunin ka!*"

Sa.... Sa i-isip ko?

"*Walang kwentang bata!*"

Hindi! Hindi! Hindi! Tumigil ka!

"*Humanda ka sakin!*"

**"Jay-jay! Get up!"** Sigaw ulit ni Keifer.

Bigla na lang nya ko hinawakan sa braso at hinatak patayo. Bigla na lang akong natakot at may kung anu sakin na nagpanginig ng laman ko.

**"Wag nyo po akong sasaktan!"** Sigaw ko kay Keifer.

Hindi ko alam kung saan galing yun at kusa na lang lumabas sa bibig ko.

**"Anong sinasabi mo?"** Sabi nya at humigpit ang hawak sa braso ko. **"...Bakit nanginginig ka? Anu bang nangyayari sayo?"**

**"U-umalis na tayo dito... Please."** Paki-usap ko sa kanya.

**"S-sige..."**

Bibitawan na sana nya yung braso ko pero bigla kong hinawakan ang kamay nya.

**"Bakit?"** Tanung nya.

**"Wag mo kong bitawan!"**

Alam kong naguguluhan sya. Kahit ako naguguluhan din. Hinawakan nya yung kamay ko at pinag-iterwined yun. Bahagya akong lumapit sa kanya at hinawakan ng isang kamay ko yung braso nya.

Hindi ko mapigilan. Kasalanan to ng takot na nararamdaman ko. Makalabas lang ako dito, hindi na talaga ako babalik.

Naglakad na kami at pumasok sa panibagong hallway na may ibang disenyo.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Keifer. **"...p-pwedeng lumayo ka ng kaunti."**

Hindi ko maintindihan kung bakit. Pero hindi ko ginawa. Natatakot pa rin kasi ako, hindi sa mga multo dito sa Horror House kundi sa mga multo sa utak ko.

**"Jay..."** Tawag ulit ni Keifer. **"I'm uncomfortable."**

Kahit hindi ko maintindihan lumayo pa rin ako. Hindi ko alam kung sa ilaw lang ba o namumula ang tenga niya.

*Tsk!*

Habang naglalakad, may narinig akong mga sigawan ng lalaki. Parang boses nila Ci-N. Ibig sabihin, malapit lang sila samin.

**"Sila Ci-N yun!"** Sabi ko at bumitaw kay Keifer. Tatakbo na sana ako sa susunod na hallway ng biglang magsara yung pinto sa likod ko dahilan para mahiwalay ako kay Keifer.

**"Jay-jay!"** Sigaw ni Keifer mula sa kabila.

**"Keifer!"** Sigaw ko at nag-uumpisa ng mamuo ang luha sa mata ko.

**"Lumayo ka Jay! Sisipain ko yung pinto!"** Sigaw nya.

Bahagya akong lumayo at dinig ko yung malakas na balabag sa pinto. Pero hindi man lang natinag or kahit gumalaw yung pinto.

**"FVCK!!"** sigaw ni Keifer.

**"Keifer! Natatakot ako!"** Sigaw ko at tuloy-tuloy na tumulo ang luha ko.

**"No! Don't be scared!"** Sigaw nya.

Sinubukan kong sipain yung pinto pero wala pa ring saysay.

**"Jay... I will search for another way!"**

**"Ha?! W-wag! Wag mo kong iwan dito!"**

**"Jay! Walang mangyayari kung mag-uusap lang tayo dito! Hahanap ako ng ibang daan! Hahanapin kita!"**

*Hahanapin kita!*

Bahagyang gumaan ang pakiramdam ko nung marinig ko sa kanya yun. Hindi ko alam kung bakit.

**"Jay! Naririnig mo ba ko?!"**

**"Oo!"**

**"Okay! Aalis na ko!"**

Nawala na kong narinig mula sa kabila. Napa-upo na lang ako sa sahig. Hahanapin daw nya ko kaya walang dahilan para matakot ako.

Napatingin ako sa paligid ko. Puro mga nakakatakot na maskara at meron pang mga sapot-sapot ng gagamba.

Nakakatakot nga pero mas natatakot ako sa pwedeng mangyari sakin. Ayoko na ulit marinig yung mga boses na yun. Para silang bahagi ng nakaraan ko pero hindi ko naman maalala.

May narinig ulit akong sigawan ng mga lalaki. Hindi ako sigurado kung sila Ci-N pa rin yun pero isa lang ibig sabihin nun. May malapit na grupo sakin.

Kahit ayokong umalis sa pwesto ko, napilitan akong tumayo at maglakad. Dahan-dahan ang naging kilos ko hangang sa may nalaglag na manikin sa harap ko.

Medyo nagulat ako pero ako nagpatinag. Kailangan ko mahanap yung grupo na yun. Hangang sa may bigla tumulak sakin na kung ano.

Natakot ako kaya agad akong tumakbo. Kung saan saan ako sumuot, meron pa kong napasukan na kwarto na may headless body at parang burol kaya napilitan ako lumabas at magtatakbo ulit hangang sa may mabunggo ako.

**"Aw..."** Sabi nung nabunggo ko.

Bumangon ako at tinignan kung sino yun. Laking ginhawa ko ng makitang si Eren pala ang nabunggo ko.

**"Eren!"** Sigaw ko sabay yakap sa kanya.

**"Easy..."** Sabi nya at bahagya akong tinulak.

Tumayo sya agad at inalalayan ako sa pagtayo.

**"Ayos ka lang?"** Tanung nya sakin.

**"O-oo..."** Niligid ko yung mata ko para hanapin yung iba pero wala sila.
**"... Asan sila?"**

**"Yun nga ang problema ko. Nahiwalay ako sa kanila."**

*Shit!*

Nagsisimula na naman akong magpanic. Yung takot ko kanina bumabalik na naman.

**"Buti pa... Hanapin na lang natin ang exit. Sa labas na lang natin sila hintayin."**

Tama! Maliwanag sa labas. Hindi na ko matatakot ng ganito.

**"S-sige... Tara na."** Sabi ko at nag-umpisang maglakad.

**"Sure kang okay ka lang?"** Tanung ni Eren.

**"O-oo.."**

**"Pwede kang kumapit sakin kung gusto-----"**

**"JAY-JAY!"** Sigaw ng kung sino.

Pareho kaming napalingon sa likod.

*Keifer!*

Mabilis syang tumakbo palapit sakin. Aaminin ko, sobra-sobra yung ginhawang naramdaman ko. Tuluyan ng nawala yung takot ko. Para akong nabunutan ng tinik.

Paglapit ni Keifer agad nya kong niyakap ng mahigpit.

**"Fvck! I thought i'll never find you!"**

***Dugdug**Dugdug**Dugdug**Dugdug**Dugdug***

Ang puso ko! Hindi na to normal! B-bakit? Bakit ko nararamdaman to?!

Bakit ganun yung sinabi ni Keifer? Natakot ba sya? Natakot sya na hindi nya ko makikita? Pero bakit?

Naguguluhan ako! Gusto kong bumitaw mula sa pagkakayakap nya pero hindi ko magawang pumalag.

**"May relasyon naba kayong dalawa?"**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 71

**Author's Note:** Saturday na po ang next update... Thank you! Mwah! 😚😚😚

**Ferris Wheel**

***Jay-jay's POV***

Awkward!

Yan ang nangingibabaw saming tatlo ni Eren at ng Hari ng ulupong. Kasalukuyan kaming nakaupo sa bench sa tapat ng exit ng Horror House. Nauna pa kaming makalabas dun sa iba.

Pagdating dito wala ng nagsalita ni isa saming tatlo.

Kasalanan kasi yun ni Keifer. Ang O.A nya kasi mag-react pati tuloy ako nadala.

*Kuwari pa sya!*

Tsk! Madalas talaga hindi nakakatulong yung mga bulate sa utak ko.

Nakita kong lumabas ng Exit sila Ci-N kaya tumayo na ko para salubungin sila.

**"Jay-jay!"** Tawag nila sakin.

**"Saan kayo napunta? Bakit bigla kayong nawala?"** Tanung ko sa kanila.

**"Bigla kasing nagtakbuhan kaya ayun..."** Sagot ng isa sa kanila.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...Okay ka lang?"**

Nagpilit ako ng ngiti at nag-nod. Napatingin ako sa Exit ng mapansing may lumalabas pa.

*Si Denzel at David.*

**"Sasakay pa bang Ferris Wheel?"** Tanung ni Kit.

Pare-pareho kaming tumingin kay Keifer. Hindi sya nagsasalita, para bang gusto nya na ako yung magdesisyon.

**"U-umuwi na siguro tayo..."** Sabi ko.

**"Pero diba gusto mong sumakay? Tara na... Hanga't nandito tayo. Baka hindi na maulit to."** Sabi sakin ni Ci-N.

May punto si Ci. Baka nga hindi na maulit to. Minsan na lang kaming magkasama-samang magkaklase.

Kayalang sa nangyari kanina sa loob ng Horror House. Parang nag-iba na yung pakiramdam ko.

**"Tara na! Sa Ferris wheel na kung sa Ferris Wheel!"** Aya ni Keifer at mabilis na naglakad.

"*Ayos!*"

"*Tara na Jay!*"

"*Sana may fireworks din sila! Kagaya sa iba!*"

"*Isasama ko si Mica dito sa susunod.*"

"*Pagka-graduate natin balik tayo dito!*"

"*Dapat pala magpa-picture tayo!*"

Pagkasabi nila nun, agad nilang nilabas yung mga phone nila. Ganun na din yung ginawa ko. Late ko na na-realize na may dala pala akong phone.

Sobrang takot ko kasi nawala na sa isip ko. May mga text at miss call ako galing kay Aries. Hindi ko muna binuksan yun at nagsimulang mag-picture picture.

Puro wacky at stolen shot ang nakukuha ko. Naglalakad na kasi kami papunta sa Ferris Wheel.

Pero bago tuluyang makarating sa pupuntahan namin nagpicture muna kami na magkakasama. Hinatak nila si Keifer para makasama.

Pagdating dun, sobrang haba ng pila.

**"Hala! Baka abutan na tayo ng pagsasara ng park!"** Sabi ko.

Napatingin ako sa Hari ng mga ulupong. Ayaw nga pala nito ng naghihintay. Panu na kaya to?! Baka bigla syang topakin.

**"I have an idea."** Sabi ni Yuri at agad na lumapit sa isang grupo ng kababaihan na nakapila.

Meron syang sinabi dito at tumuro sa side namin. Kinilig naman yung mga babae at bigla na lang silang umalis sa pila.

Ngumiti sakin yung mga babae kaya ngumiti na rin ako.

*Anong meron?*

Tinawag ni Yuri Ci-N at sinenyasang lumapit sa kanya. Meron ulit silang kinausap na isang grupo. Mukang group date dahil may kasama pa silang lalaki.

Kinilig yung mga babae at sumibangot naman yung mga lalaki. Pero kagaya nung nauna umalis din sila sa pila.

*Anu bang nangyayari?*

Lumapit na rin yung ibang ulupong at nakisama sa ginagawa nila Yuri. Meron pa silang mga kabataan na kinausap at ganun din ang mga naging reaksyon nila.

Kakalahati na lang yung natitira. Pati si Keifer nakialam na din. Pero sya ata ang may pinaka-maraming napaalis.

Kindat pa lang kasi hinamatay na yung mga babae. *Wow ha! Kahiya sa looks!*

Nang kakaunti na lang yung tao, sinenyasan nila kong lumapit. Pinapila nila ko at ganun din ang ginawa nila.

*Anung kayang sinabi nila sa mga tao kanina?*

**"Anung sinabi nyo dun sa mga tao?"** Tanung ko.

**"Basta!"** Sagot nila sakin.

Tinawag na kami nung crew at sinenyasang sumakay. Ako unang pumasok dun sa bagon.

Walang sumunod sakin kaya nagtaka ako. Tinignan ko naman silang mga nasa labas.

Aba! Nagtutulakan sila kung sinong sasakay. Bigla na lang pumasok si Keifer at naupo sa tapat ko.

*Parang gusto ko ng bumaba!*

Sumunod si Yuri at naupo sa tabi ko. Isa na lang dapat tapos isasara na yung pinto pero magkasunod na pumasok si David at Ci-N.

**"Okay na kuya! Sara mo na!"** Utos ni Ci-N dun sa crew.

Wala namang nagawa si Kuya kundi ang isara ang pinto ng bagon habang nagkakamot ng ulo.

**"Oh! Saan ka uupo nyan?!"** Tanung ko sa kanya.

Tinignan nya yung bakanteng upuan kanina. Nakaupo na si David.

**"Uhmm.. Kakandong na lang ako sayo."** Sabi nya at agad na naupo sa hita ko.

*Ang bigat! Putik!*

**"Hoy! Umalis ka nga dyan!"** Sigaw ni Yuri habang hinahatak si Ci-N.

**"Umayos ka nga Ci!"** Sigaw ni David.

**"Wag ka ngang magalaw!"** Sigaw naman ni Keifer.

**"Ang bigat mo Ci!"** Sabi ko habang tinutulak sya.

***Thunk***

Pare-pareho kaming napahinto. Tunog yun ng bakal na para bang humiwalay sa isa pang bakal.

Nagtinginan kaming lahat at nakiramdam. Wala gumagalaw at hanga't maari dahan dahan ang paghinga namin.

Bigla na lang huminto yung Ferris Wheel at bahagyang nayanig ang bagon na sinasakyan namin. Namatay din ang ilaw kaya ang dilim.

**"Anung nangyari?"** Tanung ko.

Biglang nag-ring ang phone ni Keifer. Sinagot nya yun.

**"Hello!"** Galit nyang sagot. **"...Yeah! What the hell happen?!..... What?!..... Calm down?! Were stock here and you want us to calm down?!.... As them to fix this thing now!!"** Sigaw ni Keifer at pinatay na yung tawag.

**"Sino yun? Anu daw nangyari?"** Tanung ni Yuri.

**"Si Rory... Nasa baba daw sya. Namatay daw yung kuryente at sinubukang buksan yung generator pero hindi kayang suportahan**

**lahat ng rides."**

**"It means that we're stuck here?"** Tanung ni David.

**"Yeah..."** Bored na sagot ni Keifer.

*Shoooooot!*

**"Ganu daw tayo katagal dito?"** Tanung ko.

**"Ewan ko... Hindi naman sinabi."**

Pfffftttt... Ayoko magstay dito. Magagalit si Aries sakin. Baka isumbong pa ko nun kay Kuya.

Speaking of Aries, tumatawag sya. Tinulak ko si Ci-N para umalis sa kandungan ko. Kinuha ko yung phone ko sa bag.

*Tama ako! Si Aries nga!*

Nag-aalangan akong sagutin yung tawag. Para kasing alam ko na yung sasabihin nya.

**"Hello?"** Sabi ko pagkasagot ng tawag.

**["*Where the hell are you?!*"]** Galit na tanung ni Aries.

*Lagot na ko nito!*

**"Uhmmm... Sa Amusement Park."** Halos pabulong kong sagot.

**["*Fvck! Saang Amusement Park?! Napakaraming Amusement Park!*"]**

Hindi ko alam yung pangalan. Kasi naman ata't na atat itong si Ci-N na makapasok kaya hindi ko na napansin yung pangalan. Sa loob naman, wala akong makita.

**"Hindi ko alam yung panga----"**

**"Could you please stop moving!"** Sigaw ni Keifer kay Ci-N.

**["*Is that Keifer?!*"]**

**"A-anu... O-oo..."**

**["*What the.... Asan kayo?!*"]** Lalong tumaas sa galit ang boses nya.

**"H-hindi ako----"**

**"Agh! Jay!"** Sigaw ni Keifer na parang may ginagawang malaswa.

Nanlaki yung mata ko sa ginawa nya. Samantalang sya naka-smirk pa. Feeling ko nanadya talaga sya.

**["*A-anung ginagawa nyo?! Asan ba kayo?!*"]**

**"Hindi! Wala----"**

**"Oh! Shit! Jay-jay wag dyan!"** Sigaw ulit ni Keifer.

Si David at Ci-N nagpipigil ng tawa. Samantalang si Yuri napapa-iling na lang.

**"Tigilan mo nga yan!"** Sigaw ko kay Keifer.

**"But I can't. I'm almost there! Ugh!"**

*Anu daw?!*

**["*Jasper Jean Mariano!*"]**

**"Hindi totoo yun! Nang----"**

**"Agh! I'm coming!"** Sigaw ni Keifer.

**"Anu ba?!"** Galit na sita ko sa kanya. I turn to my phone. **"...Hindi ako sigurado sa pangalan ng lugar. Basta nasa Ferris Wheel kami."**

**["*Lahat ng Amusement Park my Ferris Wheel!*"]**

Ang hirap namang paliwanagan nito! Malamang yung pinaka-malapit samin. Minsan hindi rin gumagana utak nitong si Aries.

Bigla na lang inagaw ni Keifer yung phone sakin at kinausap si Aries.

**"Pwedeng mamaya kana tumawag?! Istorbo ka!"** Sigaw nya sa phone ko at pinatay yung tawag.

*Animal!*

**"Akin na nga yan!"** Sabi ko sabay hablot ng phone sa kanya. **"...Gago ka talaga no?!"**

**"Matagal na."**

*Aba talagang!*

Tumayo ako at inambaan sya ng suntok. Kayalang bigla na lang yumanig yung bagon na sinasakyan namin at tumunog na naman yung bakal.

Napadapa ako kay Keifer ng hindi sinasadya. Umuuga na yung bagon namin.

**"Anu yun?!"** Takot na tanung ni Ci-N.

**"Ahh... Jay..."** Tawag sakin ni David sabay turo posisyon namin.

Tinignan ko yung sarili ko at napatayo ako ng makitang nakapatong ako kay Keifer.

**"Gusto mo talaga no?"** Pang-aasar ni Keifer sakin habang naka-ngiti ng nakakaluko.

*Kapal ah!*

**"Asa!"**

Sumilip ako sa bintana ng bagon. Sobrang taas pala ng posisyon namin. Wala pa kami sa pinaka-tuktok.

Muling gumalaw yung bagon at napa-upo ako sa sahig.

**"Ayos ka lang?"** Tanung sakin ni Yuri at tinutulungan akong tumayo.

Pero hindi pa man din ako nakakabangon muling yumanig ang Bagon.

**"Aaaaahhhhh..."** Sigaw ko.

Napakapit na si David at Ci-N sa upuan. May ilang ulit pang yumanig yung bagon.

Kinuha ni Keifer yung phone nya at may tinawagan.

**"Rory!.... What?!.... H-hello?! Rory?!"** Tinignan nya yung phone nya **"...Shit! Dead bat na."**

Biglang gumalaw yung Ferris Wheel. Medyo mabilis pero ibig sabihin nun okay na. Makakatayo na sana ako ng biglang yumanig ng sobrang lakas yung bagon.

Pati sila David at Ci napasigaw narin. Tumunog na naman yung bakal. Hangang isang malakas na yanig yung nangyari sa bagon namin.

Para kaming candy na inalog sa lalagyan. Masyadong mabilis yung pangyayari. Bigla na lang nahulog si Keifer at diretsong bumagsak sakin.

Napatitig ako sa kanya. Sobrang lapit pwedeng pwede nya kong halikan. Mabilis ang paghinga nya, para bang sinasabayan nun yung tibok ng puso ko.

*Yung puso ko!*

Bigla na lang bumukas yung pinto ng bagon. Napatingala ako at kitang kita ko ang nanlilisik sa galit na mata ni Aries.

*Patay!*

(N/A: **What Yuri said----"*Magco-confess po kasi ako ng feeling sa classmate kong babae pero nahuli po kami ng dating dahil sa dami ng school work. Baka po hindi na namin abutan yung fireworks. Pwede po bang mauna na po kami sa pila?*"**)

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 72

**Author's Note:** Saturday Morning... Hahahaha...

**Denzel**

***Jay-jay's POV***

Yung kinagalitan na nga ako ni Aries tapos kinagalitan pa ko ni Kuya. Hindi pa sila nasiyahan, balak pa kong i-grounded. Buti nalang at nahabag si Kuya Angelo.

Kasalukuyan akong naghihintay sa may kanto namin. Nagtext kasi sakin si David at sinabing susunduin ako.

Malayo pa pero natanaw ko na yung kotse nya. Paghinto sa tapat ko sumakay na ko agad.

**"Naka-usap ko na si Denzel."** Bungad nya sakin.

Pina-andar na nya yung kotse.

**"Anu sabi?"**

**"Sa tingin ko sya dapat ang magpaliwanag sayo."** Sagot ni David.

*Ay pa-thrill.*

Tumahimik nalang ako at naghintay sa byahe. Siguro nga, mas maganda kung si Denzel ang magsabi.

Nakatingin lang ako sa bintana at pinag-mamasdan yung mga bahay. Hangang sa meron akong mapansin. Hindi to papuntang school.

**"D-david... Saan tayo pupunta?"**

**"Kila Denzel... Hindi sya papasok ngayon."**

Tumingin ulit ako sa labas. Para bang nasa ibang lugar kami. Hindi kasi ito yung ini-expect kong invironment ng lugar nila Denzel.

Dikit-dikit ang mga bahay, tagpi-tagpi ang iba at ang iba naman sementado pero hindi tapos o kaya kalahati lang ng bahay tapos ang ibang bahagi pinagtagpi-tagping kahoy na. May iba na sako lang ang harang sa bintana. Nagkalat din ang mga basura sa paligid.

Huminto kami sa tapat ng isang bahay. Kalahating kahoy at kalahating sementado 'yon.

Bumaba si David at ganon din ako. Pinagtitinginan kami ng mga tao. Ngayon lang ata nakakita ng maganda at gwapo---*Charot!*

Si David ang unang lumapit sa pinto ng bahay.

**"Denzel... Tao po!"** Tawag nya.

May batang babae na nagbukas ng pinto. Para syang mini me ni Denzel. Ang cute! Yun nga lang babae.

**"S-sino po kayo?"** Tanung nung bata samin.

**"Classmate kami ni Denzel... Andyan ba sya?"** Tanung ko.

Tumango yung bata at sinenyasan kaming pumasok. Pagpasok sa loob, malinis naman yung bahay. May pintura yung pader at kumpleto sa gamit.

Umupo kami sa sofa'ng kahoy at hinintay yung batang mini me ni Denzel.

Pumasok sya sa isang kwarto at paglabas nya kasunod na nya si Denzel.

**"B-bakit kayo nandito?"** Tanung nya samin.

**"Kailangan kang maka-usap ni Jay."** Sagot ni David.

*Ako talaga?! Ako nga ba?*

Tinignan ni Denzel yung bata sa tabi nya. **"Maglaro ka muna sa labas."**

Tumango naman yung bata at nagtatakbo palabas. Naupo si Denzel sa tabi ko. Mukang alam na nya na yung pinunta ko.

**"Naiintindihan ko kung huhusgahan mo ko pagkatapos kong sabihin sayo yung totoo."** Sabi ni Denzel.

Hinawakan ko yung kamay nya at nagpilit ng ngiti.

**"Ginamit ko lang si Grace."** Mabilis nyang sabi.

Sa sobrang bilis hindi kagad nagprocess sa utak ko. Anu yun? Panung ginamit?

**"Nakita mo naman yung lugar namin diba? Gugustuhin mo bang mabuhay at mamatay sa lugar na to?"** Sabi nya habang tinitignan ang paligid ng bahay.

Sa kagaya kong lumaki na may kaya at nakukuha ang kailangan. Sasabihin ko talagang hindi. Kahit nung na kay Lola ako hindi pumasok sa isip ko na tumira sa ganitong lugar.

**"Panung ginamit?"** Tanung ko.

**"Hindi kaya ng kagaya kong makapasok sa HVIS. Kahit nga si Eren nun na abroad ang Ama nahirapan ding makapasok. Ako pa kaya?"** Paliwanag nya.

**"Nagtatrabaho si Mama sa bahay ni Grace. Wala na syang magulang, mga tita nalang nya ang tumitingin sa kanya. Sabi ko dati gusto ko ng buhay na kagaya ng sakanya."**

**"Kaya pumasok sa isip ko na gagawa ako ng paraan para yumaman."** Dagdag nya.

**"At ang ligawan si Grace ang naging sagot mo?"** Tanung ko at sandaling tinignan si David.

**"Nung una hindi. Pero naiingit ako sa kanya sa mga meron sya. Bago mag-high school may kotse na sya ako kahit bisekleta wala. Kaya kinaibigan ko sya, nakikipag-kulitan ako sa kanya kahit madalas nya kong sinusungitan. Hangang sa nahuli ko yung loob nya. Inuto ko sya na ipasok din ako sa HVIS."**

**"Ginawa naman nya. Pero napa-away ka naman sa mga higher year kaya tinambak ka sa Section E."** Dagdag ni David.

Tumango si Denzel. **"Pagpasok ko sa HVIS tinigilan ko na si Grace. Nakonsensya na ko kaya ganun. Pero hindi ako tinigilan ni Grace, binibigyan nya ko ng nga gamit na mahirap tanggihan. Cellphone, branded na damit at sapatos. Naisip ko na kusa din namang magsasawa si Grace kaya hinayaan ko sya."**

Huminga sya ng malalim. **"Naging kami pero nilihim namin. Maraming tututol syempre. Nung magta-tatlong taon na kami, binalak ko ng makipag-hiwalay sa kanya pero hindi ko nagawa. Natakot ako, natakot akong mawala sya sakin."**

**"Kasi mahal mo na sya."** Sabi ko. Tumango naman sya. **"...Bakit ayaw mong panagutan yung bata kung mahal mo sya?"** May halong inis sa boses ko.

**"Akala ko hindi mabubuntis si Grace kaya nakipag-hiwalay na ko sa kanya. Nakonsensya na ko sa mga ginawa ko. Pero nung araw na nag-away kayo ni Freya, sinabi nya sakin na buntis sya."** Napahilamos sya ng kamay. **"..Natakot ako! Kaya kong panagutan yung bata pero hindi ako mapapatawad ni Grace kapag nalaman nya yung ginawa ko."**

Wala ako sa lugar para sermunan si Denzel. Mas kailangan nya ng kaibigan na magbibigay sa kanya ng payo sa pwede nyang gawin. Hindi ako yun, hindi ko alam yung gagawin sa mga ganito.

Nung nabuntis yung kaklase ko dati sinabihan ko lang sya na magpa-check up sa clinic. Kasi nga hindi ko alam ang gagawin sa ganitong sitwasyon.

Tinignan ko si David. Sinenyasan ko sya na magsalita pero hindi nya ma-gets yung ibig kong sabihin. Muka kaming tanga na nag-uusap gamit ang muka.

**"Anung ginagawa nyo?"** Tanung samin ni Denzel kaya tumigil kami.

**"Ate, sino po kailangan nyo?"**

Napatigil kami pare-pareho. Boses yun nung batang sumalubong samin kanina.

Sino yung sinabihan nya ng Ate sa labas?

Pumasok yung bata sa loob kasunod ang isang babae na naka-uniform din ng HVIS. *Si Grace!*

Umiiyak sya at masama ang tingin kay Denzel.

*Narinig nya yung pinag-uusapan namin!*

**"Sinungaling ka!"** Sigaw ni Grace kay Denzel at nagtatakbo palabas ng bahay.

Sinundan ko sya, nakita kong sumakay sya ng kotse na nakaparada kasunod ng kotse ni David.

Lumingon ako kay Denzel pero hindi man lang sya gumalaw.

**"Hindi mo man lang ba sya susundan?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

**"M-mas maganda na to. Hindi ko kayang maging mabuting asawa sa kanya."** Sabi nya at pumasok sa kwarto.

Tinignan ko si David. Wala syang reaksyon. Gusto kong mainis sa kanya kasi wala man lang syang sinabi pero ganun din naman ako.

Kinuha ko yung bag ko at lumabas na ng bahay. Sumunod naman sakin si David. Sumakay kami pareho sa kotse.

**"Anu na? Anu balak?"** Tanung ko kay David.

**"Pumasok muna tayo sa school."** Sabi ni David.

Pinaandar nya ang kotse. Tahimik lang ako sa buong byahe. Gusto kong isipin yung pwedeng mangyari kay Denzel at Grace pero ayoko namang gumawa ng sapantaha o kaya bigyan ng pag-asa yung sarili ko.

Malapit na kami sa isang tulay ng makita ko yung kaparehong kotse na sinakyan ni Grace.

**"David! Ihinto mo!"** Utos ko.

Inihinto nya ang kotse malapit lang sa kotse ni Grace. Bumaba ako at agad na tinignan ang loob pero walang tao. Tumingin ako sa palagid at nakita ko sa gilid ng tulay si Grace.

**"David! Si Grace!"**

Mabilis kaming tumakbo palapit kay Grace pero tinignan nya kami ng masama.

**"Grace! Tara dito!"** Sigaw ko sa kanya habang inaabot ang kamay ko.

**"Grace... Mapag-uusapan pa to."** Sabi ni David.

Bigla nalang syang umiyak. **"Kung may mangyari kaya saming masama, pananagutan na ko ni Denzel?"**

**"Lalala lang ang sitwasyon kapag ginawa mo yan."** Sagot ni David at pilit inalok ang kamay nya kay Grace.

**"Mahal ko si Denzel. Pero masakit yung ginawa nya sakin."** Sabi nya habang umiiyak.

**"Nagsisi naman sya! Alam nyang mali kaya pilit nyang tinama yun!"** Paliwanag ko.

Napatingin ako sa ilalim ng tulay. Napakataas ng tulay. Medyo malakas din ang agos ng ilog. Baka sa dagat na pulutin si Grace kapag nalaglag sya.

**"Tinama? Sa pakikipag-hiwalay sakin?!"** Umiiyak na tanung ni Grace.

**"GRACE!"**

Napatingin kami sa sumigaw. Si Denzel, kasama nya yung mga classmate namin. *Bakit sila nandito?*

Lumapit si Denzel sa pwesto namin. Kita ko ang pag-aalala nya. *Ngayon natakot ka?!*

**"Grace! Tara dito! Mag-usap tayo!"** Sigaw ni Denzel.

**"Sinungaling ka! Ginamit mo lang ako!"**

**"Oo... Ginawa ko yun pero nagsisi na ko! Maniwala ka!"**

Lumapit sakin sila Yuri at Keifer. Kasunod nila yung iba.

**"Anu bang nangyari?"** Tanung ni Yuri.

**"Sinubukan naming kausapin si Denzel, kinwento nya yung totoong dahilan. Tapos nasa labas lang pala si Grace at nakikinig."** Paliwanag ko na sobrang bilis.

Tinignan ako ng masama ni Keifer. **"Naki-alam ka na naman."**

**"Gusto ko lang makatulong."** Sagot ko sa kanya. **"...Bakit ba kayo nandito? Ha?"**

**"Tumawag sakin si David. Pinuntahan namin si Denzel at sinundan si Grace pero nakita namin kayo dito."** Paliwanag ni Yuri.

Wala akong maalala na may tinawagan si David. Sa lalim na rin siguro ng iniisip ko, hindi ko napansin.

**"Grace! Para sa baby natin, mag-usap muna tayo!"** Paki-usap ni Denzel.

Umiling ang Grace habang umiiyak.

**"Tss. Natatagal lang tayo dito eh!"** Galit na sabi ni Keifer at bigla nalang lumapit kay Grace. Mas malapit pa sa pwesto ni Denzel.

**"Wag kang lumapit!"** Sigaw ni Grace kay Keifer.

Huminto naman ang Keifer at nag-cross arm. **"Ano? Tatalon ka? Edi tumalon ka! Talon na!"**

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Gago talaga! Udyukin daw bang magpakamatay.

**"Keifer!"** Sigaw ko.

Sinenyasan lang nya ko gamit ang isang daliri nya.

**"Tumalon kana! Duwag ka kasi! Akalain mo yun, si Grace Miller na kaibigan ni Freya. Isa palang duwag!"** Dagdag pa nya.

Halos matampal ko na ang sarili kong noo dahil sa mga pinagsasabi nya. Ginagatungan lang nya yung sama ng loob ni Grace.

**"Akala ko magaling kayong magpahirap! Mas matapang mas masaya pahirapan! Pero ikaw? Isang problema pa lang, susuko na! Duwag ka pala talaga!"** Dagdag pa ni Keifer.

Tahimik lang nakatingin si Grace sa kanya. Pinunasan nya ang luha nya at parang meron syang na-realize.

Unti-unti syang umalis sa gilid at naglakad palapit kay Keifer.

**"Hindi ako duwag. Hindi ang problemang to ang magpapabagsak sakin."** Madiin nyang sabi kay Keifer at lumakad sya palapit kay Denzel. **"...Sumunod ka sakin, mag-usap tayo."**

Agad na sumunod si Denzel at sumakay sa kotse ni Grace. Binalik ko yung tingin ko kay Keifer. Dapat ba kong mamangha sa ginawa nya?

Halos mamaos kami sa kakasigaw kay Grace para umalis sa gilid pero sya inaway lang.

**"Pumasok na tayo! Tapos na ang eksena!"**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 73

**Enemy**

***Jay-jay's POV***

**"Alis na po ako!"** Sigaw ko sa mga maid.

Wala pa rin kasi sila Tita kaya sa kanila muna ko nagpapa-alam. Hindi rin naman ako isasabay ni Aries sa kotse nya.

Sobrang nakaka-stress tong mga nag-daang araw. Hindi pa rin malinaw ang usap ni Grace at Denzel. Pero naghahanap na ng trabaho si Denzel. Handa na daw syang panagutan yung Baby. Kayalang mukang yung baby lang.

Malapit na ko sa school ng makita ko si Eren at Ci-N na naglalakad. Tumakbo ako palapit sa kanila at inakbayan sila.

**"Good morning!"** Bati ko sa kanila.

**"Good Morning din!"** Balik nilang bati sakin.

Napahinto kami sa tapat ng gate. Puro bandiritas na kasi at tinatayo narin yung ibang mga stall para sa mga booths.

**"Malapit na nga pala yung Festival."** Sabi ni Ci-N.

**"Oo nga... Wala pa tayong representative para sa contest."** Sagot ko.

**"Meron na..."** Sabi ni Eren.

Pareho kaming napatingin ni Ci-N sa kanya. Hindi pa kaya namin napag-uusapan yun. Panong meron na?

**"Sino?"** Sabay naming tanung ni Ci-N.

**"Tignan nyo ang isa't isa. Mr. Ganda at Ms. Pogi."** Sabi ni Eren.

Nagtinginan kami ni Ci-N. Obvious naman na ako yung ilalagay sa Ms. Pogi. Ako lang kaya babae samin. Pero si Ci-N bilang Mr. Ganda, hindi ako sigurado.

**"Bakit ako?"** Tanung ni Ci.

**"Para ka daw kasing bakla."** Mabilis na sagot ni Eren at naglakad papasok ng school.

**"Hoy! Bawiin mo yung sinabi mo! Hahalikan kita!"** Sigaw ni Ci at sumunod kay Eren.

Ang lakas mang-asar nito. Para namang papayag itong isa magpahalik. Susunod na rin sana ako sa kanila ng may humintong sasakyan sa likod ko.

Nilingon ko yun at may bumaba na kalalahikan, agad silang lumapit sakin at hinawakan ako.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Ci-N's POV***

**"Luko ka! Sasapakin kita dyan!"** Banta ko kay Eren.

Sabihin daw ba kong bakla. Asan ba si Rakki? Isusumbong ko tong isa na to.

**"Totoo naman! Tanung mo pa kay Jay-jay!"** Sagot sakin ni Eren.

Nilingon ko naman si Jay-jay para itanung pero wala sya sa likod namin at parang may nagkakagulo sa may gate.

Bigla na lang akong kinabahan, something is wrong. Tumakbo ako pabalik sa gate.

"*Tulungan nyo!*"

Sigaw ng kung sino. Nakisiksik ako sa mga nagkukumpulan at kitang kita ko kung panu man-laban si Jay-jay sa mga lalaking pilit syang sinasakay sa kotse.

**"Bitiwan mo sabi ako!"** Galit na sigaw ni Jay.

Agad akong tumakbo palapit sa kanila. I punch one of them immediately.

**"Jay!"** Sigaw ni Eren at tinulungan na rin ako.

Kahit si Jay-jay nakisuntok na rin dahil sa galit. Pero meron pa pala silang kasama sa loob ng kotse.

Agad nila kaming pinagtulungan ni Eren. Sinukmuran at sinuntok ako dahilan para mapabagsak ako sa sahig.

**"Ci-N!"** Sigaw ni Jay-jay at akmang lalapit sakin pero agad syang binitbit ng mga lalaki at pilit sinakay sa kotse. **"Anu ba?!"**

**"Jay-jay!"** Sigaw ko.

Pinilit kong tumayo at lumakad palapit sa kotse pero sumara na ang pinto nito at mabilis na pinaharurot ang sasakyan.

**"Shit!"** Sigaw ko at napahawak na lang sa ulo ko.

**"Mga tauhan ni Ram yun! Sabihin natin kay Keifer! Dali!"** Sigaw sakin ni Eren.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

Hindi ko alam kung anong problema ni Keifer pero parang ang weird nya. After naming manggaling sa Amusement Park bigla na lang syang tumahimik.

Madalas nagrereklamo sya. Ayaw nya kasi ng mga ganung pangyayari. And the worse part is, he don't even mind if Aries is freaking mad at them.

Para bang meron syang iniisip. Gusto ko sana syang kausapin tungkol don pero hindi sya magsasabi kung hindi nya gusto.

**"KEIFER! KEIFER!"** someone shouts.

Pare-pareho kaming naghintay don sa sigaw ng sigaw. It was Ci-N and Eren. Medyo madumi yung uniform nila.

**"TAWAGIN NYO KO NG MAAYOS! WAG NYONG ISIGAW!"** Galit na galit na sabi ni Keifer.

Naghabol muna ng hininga yung dalawa.

**"Si Jay-jay... K-kinuha sya ng mga... Tauhan ni Ram."** Sabi ni Ci-N.

**"What?!"** I almost shout.

No! This can't be! Bakit si Jay-jay pa? Nagkuyom ang kamao ko at mabilis na lumakad palabas ng room pero agad akong pinigilan ni Keifer.

**"Walang lalabas ng pintuan na yan!"** Galit sabi ni Keifer. **"...This is a trap!"**

**"I know this is a trap! But I can't just sit here and do nothing!"**

**"I know Ram's Game! He'll play with us and in the end, we are the ones who will lose!"**

**"Anong plano?"** Tanung nila kay Keifer.

Hindi sya sumagot. Kahit alam nya makipaglaro si Ram hindi pa rin sya sigurado sa gagawin, dinadaan lang nya sa palakasan kaya sya nanalo.

Biglang nag-ring yung phone ni Keifer. Tinignan nya kung sino yung tumatawag. Tinignan nya muna ko bago sabihin kung sino yun.

**"Unknown number requesting a video call."** Sabi nya.

Mabilis akong lumapit kay Keifer at hinintay syang sagutin ang tawag. Pagkasagot, bumungad ang muka ni Jay-jay na walang malay.

**"Jay!"** Sigaw ko.

**"Ssssshhhhh... Wag kayong maingay. May natutulog oh!"** Sabi ng kung sino.

Kahit hindi ipakita ang muka nung nagsasalita may kutob akong si Ram yun.

Bigla lumipat yung camera sa ibang angulo at humarap ang hinihintay naming tao.

**"Hi boys! Namiss nyo ba ko?"** Tanung nito.

**"Oo! Sobrang miss!"** Pabalang na sagot ni Keifer.

Ram chuckled. **"Nabitin ako sa laro natin. Let's continue it, shall we?"**

**"Anong balak mo kay Jay-jay?"** Tanung ko.

**"I don't know... Pero naiinis ako sa ginawa nya. Feeling ko nalamangan ako."** He suddenly looks at somewhere close to him and smirks. **"... Gising na pala sya oh!"**

Nilipat ulit nya yung camera at pinakita yung pwesto ni Jay-jay. Hindi kagaya kanina buong katawan na ang nakikita namin sa kanya.

Nakatali sya sa bangko. Inigaw ko ang cellphone kay Keifer para makita sya ng maayos.

**"Jay!"** Sigaw ko.

**"Wake up! Sleepy head!"** Sigaw ni Ram sa kanya.

Tinignan sya ng masama ni Jay-jay. Mukang nakilala sya nito at alam na rin nya yung nangyayari.

**"Tumingin ka sa camera. Nakikita ka ng mga kaibigan mo."** Utos ni Ram.

Tumingin naman si Jay-jay. Wala akong nababakas na kahit anong reaksyon sa kanya. Pero alam ko, kahit itanggi at itago nya, natatakot sya.

**"Ram! Anu bang kailangan mo?!"** Sigaw ko.

Inagaw sakin ni Keifer ang cellphone nya. Tinignan nya ko na may halong inis.

**"Baka pwede nyong bisitahin tong kaibigan nyo dito. Pero kaunti lang ang tinatanggap kong bisita. Mga apat na tao lang."**

Alam kong gusto nya na magpunta kami don. Apat na tao laban sa dami nila. Matatalo kami nun!

**"Kung ako sa inyo bibilisan ko. Ayoko kasi ng naiinip."** Dagdag ni Ram at nilapit ang camera kay Jay-jay.

Pinalakad nya yun daliri nya sa hita nito habang nagh-humming. Pilit iniwas ni Jay yun pero hindi sya makagalaw.

Gusto kong sapakin si Ram, gusto kong durugin yung muka nya sa suntok ko, gusto kong makita syang naghihirap at kung hindi ako makakapag-pigil baka mapatay ko sya.

**"Alam nyo na kung saan!"** Sigaw ni Ram at pinatay yung video call.

Sa sobrang galit ko nasuntok ko na lang ang lamesa. Tumagos yung kamao ko. Masakit pero mas nananaig ang galit ko.

**"Yuri! Felix! Ci-N! Tara na!"** Sigaw ni Keifer at lumakad palabas ng room.

**"Teka! Panu kami?!"** Sigaw ng iba.

**"Dating gawe! Siguraduhin nyong magiging tahimik kayo!"**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"Babe?"** Tawag sakin ni Ella.

**"Bakit?"**

**"Ang tahimik mo kasi..."**

**"Parang hindi mo ko kilala."** Sabi ko at inakbayan ko sya.

Ngumiti sya sakin kaya ganun din ako.

**"ARIES! ARIES! YUNG PINSAN MO!"** sigaw ng kung sino.

Napatayo ako at napatingin dun sa sumigaw.

**"Anpng nangyari?"** Tanung ni Kiko.

Tinignan ko sya ng may pagtataka. Sila na ni Freya bakit nag-aalala pa rin sya kay Jay-jay.

**"May dumampot sa kanyang mga lalaki! Sinakay sya sa kotse!"**

**"What?!"** Sigaw ko.

**"Nakita nyo ba yung plate number?!"** Tanung ni Kiko.

Umiling lang yung nagbalita samin. Napasuklay ako ng buhok gamit ang kamay ko.

*Who the hell is that?*

Tinignan ko si Ella. **"Stay here!"**

Mabilis akong tumakbo palabas ng room. Hindi ko alam kung anu gagawin ko. I should call a police or Kuya Angelo but i'm not sure about it.

Paglabas ng main building nakita kong sumunod pala sakin si Kiko at Mykel.

**"Aries! Anong gagawin natin?!"** Tanung sakin ni Mykel.

*I don't fvcking know!*

Napatingin ako sa grupo ng kalalakihan  na palapit sa gate. Sila Keifer!

Lumapit ako sa kanila at agad na kinwelyuhan sya.

**"ASAN SI JAY-JAY?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

Tinabig lang nya yung kamay ko.

**"Wag kana maki-alam dito! Kami ng bahala kay Jay-jay!"** Sabi nya sakin at akmang aalis pero hinarangan ko sya.

**"Sinong kumuha sa kanya?!"**

Tinignan ako ng masama ni Keifer at ganun din si Yuri.

**"Si Ram ang may hawak sa kanya!"** Sagot nung batang Ci-N ang pangalan.

*Si Ram?* Bakit sya pa? Anong ginawa ni Jay-jay at kailangan syang madamay?

**"Sasama kami!"** Sigaw ni Kiko.

**"Hindi pwede! Apat na tao lang ang hinihingi ni Ram! Manahimik na lang kayo dito!"** Sabi ni Yuri.

Wala akong nagawa kundi ang hayaan silang makaalis. Hindi ko pwedeng kontrahin ang salita ni Ram. Baka kung anu gawin nya kay Jay-jay.

*Kainis!*

Hindi dapat ako nag-aalala ng ganito. Pero hindi ko mapigilan. Kadugo ko pa rin sya.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 74

**Author's Note:** Magulo yung mga bulate sa utak ko nung sinusulat/type ko ito'g chapter na ito. Kaya i understand kung maguluhan din kayo.

++++++++++++++++++++++++++++++

**Shock**

***Keifer's POV***

Bakit? Bakit ako natatakot ng ganito? I have never been scared like this before. My heart is beating so fast like I'm ready to kill someone.

**"Keifer.."** Yuri called me. **".. I need to ask you something."**

I didn't answer. I wait for his question.

**"...What happens back in Amusement Park? I know Jay-jay is with you when we were at the Horror House."**

*I... I don't know and I don't want to know!*

**"Before I answer that... Let me ask you first."** I said.

He looks at me the same way he does when I ask him about Ella.

**"...Do you like Jay-jay?"**

He look away. Honestly i don't want to hear his answer. Pakiramdam ko lason sakin ang magiging sagot nya.

**"I-i do... And I think I'm starting to fall for her."**

Napahigpit ang hawak ko sa manibela.

*Fvck! No! Not Jay-jay, please!*

**"Balak mo ba kong kalabanin? You know that I need her to my plan."** I said calmly.

I don't want Yuri to feel my tension.

**"N-no..."** Pilit nyang sagot.

I stop the car. Were here at the old and abandoned factory. Pero bago pa ko makababa may sinabi ako kay Yuri.

**"Good... Alam mo kung saan ka pupulutin kapag kinalaban mo ko."**

Lumabas na ko at sumunod naman sya. Sakto namang dating nila Felix gamit ang kotse ni Yuri.

Pare-pareho kaming huminto sa gate ng factory. Naghihintay na bumukas. Sa totoo lang matagal ng nag-iinit ang katawan ko sa laban.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Gusto mong kumain?"** Alok sakin nung Ram habang nakangiti.

**"Sa itsura kong to, makaka-kain ako?"** Sarkastikong sagot ko sa kanya.

He chuckled and walked toward me. **"..Edi susubuan kita!"**

**"Ayoko! Baka may lason pa yan!"**

Bigla nalang bumukas yung pinto at pumasok yung isa sa lalaking nasuntok ko kanina sa pagpupumiglas ko.

**"Boss! Andyan na sila!"** Sabi nung lalaki at tinignan ako ng masama.

*Makawala lang ako dito, susuntukin ulit kita!*

Tinanggal ni Ram yung tali sa likod ko para maka-alis ako sa bangko. Pero nakatali pa rin ang kamay ko sa likod.

**"Tara! Silipin natin ang mga bisita mo!"** Sabi ni Ram at pilit akong hinatak palabas ng pinto.

Para kaming nasa terrace. Except sa nasa loob kami ng factory. Muka ngang opisina yung pinanggalingan namin, kayalang puro gamit pambahay na.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Ci-N.

**"Yung mga bisita mo!"** Sabi ni Ram at bigla nalang akong tinulak.

**"Aaaaaahhhhhh...."**

**"JAY-JAY!!"**

sabay-sabay naming sigaw. Akala ko kasi mahuhulog na ko pero hinawakan ako ni Ram sa likod.

Pakiramdam ko humiwalay yung kaluluwa ko sa katawan ko sa takot. Hinatak ako ni Ram at itinuwid ng tayo.

Tumawa sya ng malakas. **"Hahahaha.. Sorry! Nawala sa isip ko na andito pala tayo sa taas! Hahahahaha!"**

**"Sinadya mo yun! Hayop ka!"** Sigaw ko sa kanya.

Hindi ako makahinga ng maayos. Ngayon ko naintindihan yung near death experience.

**"Andito na kami! Anu pa bang kailangan mo?!"** Tanung ni Keifer.

Napatingin ako sa kanya. May kakaiba kasi sa tingin nya na diretsong nakatitig sakin.

*I thought I'll never find you!*

Argh! Bakit ba ngayon ko pa naalala yun?!

**"Nabitin ako eh! Gusto kong makapanood ng nag-aaway."** Sabi ni Ram at nag-smirk. Sinenyasan nya yung kasama naming tauhan nya.

**"BOYS!"** Sigaw nung lalaki.

Bigla nalang lumabas sa kung saan ang isang damakmak na lalaki. May hawak pang tubo at baseball bat yung iba.

Apat lang sila Keifer. Hindi nila kaya yung ganyan kadami.

Keifer chuckled. **"Eto lang? Ang kaunti naman!"**

*Gago ba sya?*

Sa lagay na yan na halos mahigit-50, kakaunti pa para sa kanya? Kakaiba tong si Keifer.

**"Wag kang mayabang! Hintayin mo lang!"** Sabi ni Ram at bigla nalang ako hinatak papasok ulit sa loob.

Pero bago pa kami makapasok may sinigaw si Keifer na nagpabilis ng tibok ng puso ko.

**"JASPER JEAN MARIANO! HINTAYIN MO KAMI!"**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

Pagsara ng pintong pinasukan nila Ram. Agad na sumugod samin ang mga tao nya. Masyado silang marami pero maning mani lang kay Keifer ang lahat.

**"Iwas sa tubo at baseball bat!"** Sigaw ko.

Sigurado akong hindi na kami makakabangon kapag tinamaan kami nyan.

**"Aaaarrggggh!"** Sigaw ko habang patuloy sa pagsuntok at sipa sa kung kanino.

*Bahala na kung kanino tumama!*

**"Yuri! Pupunta ako sa taas! Harangin nyo sila!"** Sigaw ni Keifer at pilit lumapit sa bakal na hagdan.

Sumunod kami sa kanya at hindi na hinayaan na makasunod sa kanya yung iba.

**"Lapit pa!"** Sigaw ni Ci-N habang tuwang tuwa sa pagsipa.

*Tss. Bata talaga!*

**"Bakit ang tagal nila?!"** Tanung ni Felix.

Yun din ang gusto kong itanung. Bakit ang tagal ng mga Section E? Akala ko ba excited sila sa away.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

Hangang sa pinto may mga tao ni Ram. Badtrip! Pero kaya ko sila, hindi ako pwedeng magpatalo.

**"Umalis kayo dyan!"** Sigaw ko at pilit silang sinipa at suntok.

Nalaglag na yung iba, pero may bumagsak lang sa sahig. Pagbukas ko ng pinto, nakatayo si Jay-jay malapit sa bintana.

**"Wag!"** Sigaw nya.

May humampas na matigas na bagay sa ulo ko. Kusang bumagsak ang katawan ko sa sahig at parang nawalan ako ng lakas.

**"Kala mo sakin tanga?! Handa to!"** Sigaw ni Ram.

Hindi ako makagalaw. Sobrang bigat ng pakiramdam ko.

*Asar!*

Napatingin ako kay Jay-jay. Umiiyak sya at awang awa sakin.

*No! Please! Don't cry!*

Bumibigat ang dibdib ko dahil sa pag-iyak nya. Akala ko matapang sya pero bakit umiiyak sya kahit hindi naman sya yung nasasaktan?

*Babae kasi!*

Yeah... Right! Babae kasi!

Muli akong hinampas ng matigas na bagay ni Ram sa likod. Lalo akong hindi nakagalaw sa sakit.

**"Tama na... Please..."** Paki-usap ni Jay-jay.

*No! Wag kang maki-usap! Wag mong gawin yan!*

**"Nakiki-usap ka?! Para sa tao na to?!"** Tanung sa kanya ni Ram. **"...Mag-syota ba kayo?!"**

Umiling si Jay-jay pero alam kong hindi maniniwala si Ram.

Tinignan ko sya. Sandali syang tumigil sa pag-iyak. Meron syang ginagalaw sa likod nya. Sinusubukan nyang tumakas.

*Fvck! Mahuhuli sya ni Ram!*

**"Your a coward!"** Pilit kong sigaw kay Ram at sinubukan kong bumangon pero sinipa nya ko sa tyan dahilan para mapahiga ako.

**"Wala akong paki! Ang hirap mo kayang kalabanin! Ang dami kong tauhan pero hindi kita mapabagsak!"** Galit na sabi ni Ram.

**"K-kasi mahihina kayo!"**

Winasiwas ni Ram ang hawak nyang baseball bat. Mukang yun ang ginamit nyang pang-hampas sakin. Bigla nalang nya kong tinukod sa sikmura.

**"Ugh!"**

**"Anu ka nga-----"**

Bigla nalang tinulak ng malakas ni Jay-jay si Ram. Agad syang lumapit sakin at pilit akong tinayo.

**"Hindi! Wag! Tumakas kana!"** Utos ko sa kanya. Pero hindi sya nakikinig. **"...Jay! Umalis kana!"**

**"Ayoko! Hindi kita iiwan dito!"** Sigaw nya sakin at bigla syang umiyak.

Natigilan ako. Bakit? Bakit mo to ginagawa?

Sinubukan kong tumayo pero bigla nalang binitbit ni Ram si Jay-jay sa buhok.

**"Argh! B-bitiwan mo ko!"** Sigaw ni Jay-jay.

Nang-gagalaiti sa galit si Ram. **"Walang hiya ka!"** Sigaw nya at bigla nalang nyang sinampal si Jay.

Bumagsak sya sa sahig. Alam kong nalambot sya sa ginawa ni Ram.

Hindi ko napigilan ang galit ko sa ginawa ni Ram. Kahit mabigat ang pakiramdam ko. Tumayo ako at sinipa si Ram sa tuhod pero nakabawi sya agad ng hampasin nya ko ng baseball bat sa hita.

**"Masyado kang nagpapa-apekto sa babaeng to!"** Sabi ni Ram at unti-unting tumatayo.

Ngayon lang ako nahirapan ng ganito. Sa sobrang hirap parang hindi ko na kayang lumaban.

Nakita kong tumayo si Jay-jay. Nasa likod sya ni Ram kaya hindi sya nikikita nito.

Parang walang nangyari sakanya. Diretsong diretso ang tayo. Dumudugo ang labi nya pero pinunasan nya yun gamit ang likod ng kamay nya.

Parang may mali sa kanya. Walang buhay ang mata nya. Diretso ang tingin kay Ram at bigla nalang syang ngumiti. Ngiti na parang papatay ng tao.

Napansin ni Ram ang tinitignan ko kaya tumingin din sya. Saktong pagharap nya ang malakas na pagsipa ni Jay-jay sa muka nya.

Akala ko titigil na sya dun pero agad syang dumagad kay Ram at walang tigil ang pagsuntok nya sa muka nito.

Kasabay ng pagsuntok nya ang pagtalsik ng dugo. Hindi ko alam kung kanino yun pero sa lakas ng binibitawang suntok ni Jay, pwedeng kay Ram ang dugong yun.

Hindi na gumagalaw si Ram pero wala pa ring tigil si Jay.

**"J-jay! Tama na!"** Sigaw ko at pilit lumapit sa kanya.

Hindi nya ko pinansin.

**"JAY!"** sigaw ko.

Tumigil sya at sandali akong tinignan pero bumalik sya sa pagsuntok kay Ram.

Pinilit kong makalapit kahit nanginginig ang tuhod ko sa pagtayo. Punong puno ng dugo ang muka ni Ram. Dilat ang mata nya na nakatingin sa kung saan.

Baka mapatay nya to kapag hindi sya tumigil.

**"JAY-JAY!"**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 75

**Author's Note:** Tuesday po ulit... Plano kong mag-update ng 10 chapters pero bago ko magawa yun kailangan ko ng mahabang panahon. Okay lng ba? Ready po kyong maghintay ng matagal?

+++++++++++++++++++++++++++++

**Truth**

***Jay-jay's POV***

Ang sakit ng katawan ko! Nanginginig ang tuhod at kamay ko. Kumikirot din ang ulo ko.

Nagising ako na parang tumambling ako sa kung saan. Hindi ko alam kung anu yung nangyari. Sinubukan kong gumalaw at dun ko lang napansin na may nakayakap sakin mula sa likod.

Halos nakapahiga ako sakanya. Nakaipit yung dalawang braso ko sa yakap na yun kaya hindi ko maigalaw ang kamay ko.

Mahigpit yung yakap at parang ang lalim ng hininga nung nakayakap sakin. Pilit kong sinilip kung sino yun.

*Keifer?*

Nakapikit sya at naghahabol ng hangin. Dumudugo ang nguso at ilong nya.

**"K-Keifer?"** Bulong ko.

Dumilat sya at bigla nalang hinigpitan ang yakap sakin.

**"A-aray... B-bitiwan mo na ko..."** Sabi ko habang nagpipilit magpumiglas.

**"Hindi... Hanga't hindi ka humihinahon."** Sagot nya sakin.

**"Mahinahon ako."**

Bahagya nyang niluwagan ang pagkakayakap sakin pero hindi pa rin sya bumibitaw.

Bakit ba ganito yung posisyon namin?----teka! Si Ram.

**"Asan si Ram? Anu ng nangyari?"** Tanung ko sa kanya.

Hindi sya sumagot pero lumipat yung tingin nya sa ibang direksyon. Sinundan ko yung tingin na yun at nakita ko si Ram.

Pero ibang Ram, puro dugo at parang wala ng buhay.

*S-sandali! A-ako ba may gawa nito?!*

Bigla nalang akong nanginig sa takot. Ako may gawa nito! Ganyan din ang itsura ni Cyrus paggising ko nuon. Tinignan ko yung kamay ko na sobrang kirot at nanginginig sa sakit. Puro dugo din yun.

*Hindi! Naulit na naman!*

Inikot na pilit ni Keifer ang katawan ko para makaharap sa kanya. Sinubsob nya yung muka ko sa dibdib nya.

**"Buhay pa sya... Humihinga pa sya."** Bulong sakin ni Keifer.

Kusang pumatak ang mga luha ko. **"A-ako ba may gawa nyan?"**

Hindi nagsalita si Keifer. Alam kong naguguluhan sya sa tinanung ko.

**"O-oo.."** pilit nyang sagot.

Napa-iyak nalang ako sa sinagot nya. Anu bang nangyayari sakin? Bakit ko ginagawa to? Nanakit ako ng tao ng hindi ko alam.

Pare-parehong muntik ko ng mapatay. Yung Tatay ni Aries, si Cyrus at ngayon si Ram.

**"Sssshhhh... Wag kang umiyak. Pinagtanggol mo lang ang sarili mo at ako."**

Sana nga yun yung ginawa ko. Sana nga ganun lang kadali isipin yun. Pero hindi ko mapigilang umiyak.

**"K-keifer... Sabihin mo sakin ang totoo."**

Gusto kong malaman yung nangyari. Pagod na kong gugulin ang oras ko sa pag-iisip ng ginawa ko at kung bakit wala akong maalala.

**"...Anung ginawa ko?"**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

**"Wala ka man lang ginawa?! Sana tumawag ka ng pulis!"** Galit na sermon sakin ni Kuya.

Anung gagawin ko? Nataranta ako. Hindi ko pwedeng kontrahin si Ram, baka kung anung gawin nya kay Jay-jay.

Kasalukuyan kaming naglalakad papunta sa kwarto ni Jay-jay. Tumawag samin si Yuri at sinabing nasa ospital sila.

Si Kuya ang unang naglalakad samin. Kasabay ng paghahanap namin ang sermon nya sakin.

**"Hindi mo man lang inisip na hanapin sya?! Kung alam mong sila Keifer ang gagawa ng paraan, sana sumama ka!"**

I don't want to answer. Nakakatakot magalit si Kuya. Hindi ko gugustuhing kalabanin sya.

Si Kuya Angelo ang pinaka-malupit sa lahat ng naging Section E at hangang ngayon dala-dala nya yun.

**"Kadugo mo sya! Ikaw dapat ang unang tutulong sa kanya! Parang hindi kayo mag----"** natigilan sya at parang na-realize na mali ang sasabihin nya o maling sabihin nya. **"...mag-pinsan kayo! Ikaw dapat ang tumitingin sa kanya!"** Pagtutuloy nya.

Lumiko kami sa panibagong Hallway kung saan nakabalandra ang mga Section E.

Napatingin sila samin at nagbigay ng daan papunta sa pinto ng kwarto ni Jay-jay.

Mabilis na naglakad si Kuya kaya sumunod ako. Nagsalubong pa ang tingin namin ni Yuri bago kami tuluyang pumasok sa loob.

Dalawa ang kama sa loob ng kwarto. Walang nakahiga sa isa, samantalang nasa dulong kama naman si Jay-jay. Nakatayo si Keifer sa tabi nya habang nakahawak sa kamay ni Jay.

I arched a brow. Bakit kailangan nakahawak sa kamay?

**"Keifer."** Tawag ni Kuya sa kanya.

Tumingin sya samin pero nakahawak pa rin sa kamay ni Jay. Late ko na napansin na naka-hospital gown sya. Mukang sya yung naka-assign sa kabilang kama.

**"I need to talk to you."** Diretsong sabi ni Kuya.

Bumitaw si Keifer kay Jay at lumapit sya kay Kuya. Lumabas sila ng kwarto at ako nalang ang naiwan. Lumapit ako sa kama ni Jay-jay.

Mahimbing ang tulog nya. May benda ang kamay at namumula ang gilid ng labi. Nakaramdam ako ng inis sa maraming bagay.

I hate the fact that I did nothing for her. I hate myself and I feel useless. But what I hate the most is what Jay-jay did. For the third time, nanakit sya ng tao na parang halimaw.

I can't believe that i have the same blood with her.  Pero kahit ganun, hindi ko parin maiwasan na hindi mag-alala sa kanya.

I stared at her innocent face. Hahawiin ko sana ang buhok sa muka nya pero bigla syang gumalaw.

Bahagya akong lumayo at unti-unti syang dumilat.

**"Hmmm.."** niligid nya ang kanyang mata. **"...A-asan si Keifer?"**

*Keifer...*

I cleared my throat. **"N-nasa labas kausap si Kuya."**

Hindi na nagsalita. Tumitig lang sya sa kisame at parang ang lalim ng iniisip.

**"Aries..."** Tawag nya sakin na halos bulong lang.

**"Bakit?"** Tanung ko sa kanya.

**"A-anu yung ginawa ko sa Papa mo dati?"**

*Shit! Not this again.*

**"Ayoko kong pag-usapan yan."**

**"Sinaktan ko rin ba sya kagaya ng ginawa ko kay Cyrus at Ram ngayon?"**

**"Hindi ko alam."**

*Please stop!*

**"Muntik ko na rin ba syang mapatay?"**

**"I... I don't know."**

*Stop asking!*

**"Hindi rin ba-----"**

I stop her. **"STOP IT! Stop asking questions about him!"**

Biglang bumukas ang pinto at pumasok pareho si Kuya at Keifer. Kasunod nila si Yuri at iba pang Section E.

**"Aries! What are you doing?"** Inis na tanung sakin ni Kuya.

I shook my head. Keifer and the others run toward Jay-jay.

**"Okay ka lang? May ginawa ba sayo si Aries?"** Tanung nila kay Jay-jay.

Umiling lang sya bilang sagot. Sinenyasan ako ni Kuya na lumabas ng kwarto. Alam kong sesermonan nya ko.

**"What happen?"** Tanung nya sakin.

**"She... She keeps asking for details from the incident four years ago."**

Huminga ng malalim si Kuya at umiwas ng tingin. Napahawak rin sya sa sintido nya.

**"Kailangan nating ipatingin sa Pschychiatrist si Jay-jay. Keifer explain to me what she did. She listens to no one and keeps repeating what her doing. Then, in the end, she doesn't remember anything. That's not normal."**

*Still the same!*

**"It's up to you. You're his guardian as of now."** I said and walk away.

I'm not in the mood to talk about her shit. Gusto kong umuwi at magpahinga.

Palabas na sana ko ng main door ng hospital ng may makita akong pamilyar na tao.

Napatigil ako at napatitig sa kanya. Anung ginagawa nya dito? Ngayon pa talaga sya nagpakita.

**"Miss.. Saan po yung kwarto ni Jasper Jean?"** Tanung nito sa babae sa counter.

Pero bago pa man makagawa ng hakbang yung babae. Lumapit na ko sa kanila at hinawakan sya sa braso.

**"A-aries?"** Sabi nito habang hawak hawak ko sya.

Paglabas sa ospital dun ko lang sya binitawan.

**"Anu ba?!"**

**"Anung ginagawa mo dito?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

**"Pupuntahan ko yung anak ko! Kailangan nya ngayon ang Mama nya!"** Sagot nya sakin.

I chuckled. **"Joke ba yan? Hindi kasi nakakatawa!"**

**"Aries! Gusto ko lang makita si Jay-jay! Ang tagal na naming hindi nag-uusap! Gusto ko na ring ibalita sa kanya na mag-papakasal-----"**

**"Na naman?! Hindi kapa ba nagsasawa?! Feeling mo matutuwa si Jay-jay kapag narinig nya sayo yan!"** Galit na sigaw ko sa kanya.

**"Wag mo kong sigawan! Baka nakakalimutan mo kung sino ako!"** Galit na sagot nya sakin. Sandali nya kong tinignan, para bang meron syang iniisip. **"...Huhulaan ko. Hindi mo pa rin sinasabi sa kanya, no?!"**

I look her furiuosly. **"Wala kang paki! Sasabihin ko sa kanya pero hindi ngayon!"**

**"Siguraduhin mo! Kundi ako ang magsasabi sa kanya!"** Sagot nya at tuluyan ng umalis.

Nanadya ba sya? Ngayon pa talaga sya magpapakita. Napasinghap nalang ako sa sobrang inis. Nasuklay ko nalang ang buhok.

Lalakad na sana ako papunta sa kotse ko pero napahinto ako ng makita si Ella na nakatayo malapit sakin.

**"E-ella? A-anong ginagawa mo dito?"**

**"Hindi ka kasi sumasagot sa mga tawag ko kaya pinuntahan kita dito."** Sagot nya sakin.

Lumapit ako sa kanya at niyakap sya. **"S-sorry..."**

**"Okay lang... Gusto mong kumain? Muka kang stress na stress."** Aya nya.

Nag-nod naman ako bilang sagot. Sa isang fast food kami nagpunta, malapit lang kami sa ospital kaya hindi na kailangang magdala ng sasakyan.

**"Kamusta si Jay?"** Tanung nya.

**"Ayos lang... Gising na sya."** Walang buhay na sagot ko.

**"Sino yun?"**

Napatingin ako sa kanya at tumingin sa labas ng bintana sa pag-aakalang nasa malapit lang ang tinatanung nya.

**"...Yung kausap mo kanina."** Dugtong nya.

*I knew she'll ask.*

**"I-it's... Jay-jay's Mother."** I answer.

*Please don't ask for more.*

**"You're hiding something from me."** Sabi nya habang nakatingin sa pagkain sa harap namin.

**"It's just..."**

**"You trust me. Right?"** Sabi nya.

I don't want to tell her or hide it from her. I breathe heavily.

**"It's something about Jay's older brother."**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 76

**Best President of Section E**

***Jay-jay's POV***

Ayoko sanang pumasok ngayon. Wala akong gana. Hindi pa rin kasi mawala sa isip ko yung ginawa ko. Binabangungot din ako minsan non.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Yuri at naupo sa tabi ko.

Inabot ko sa kanya yung kamay ko. Mula kasi ng lumabas ako ng hospital palagi pa rin kumikirot ang kamao ko kaya hindi ko magamit ng maayos yung kamay ko.

Kaya eto si Yuri at minamasahe palagi ang kamay ko. Effective naman, dahil after ng two days na ganyan ang ginagawa nya, nabawasan na yung kirot.

**"Bakit ang tamlay mo?"** Tanung nya sakin.

*13*

Pang-13 tanung na nya yan buhat ng makalabas ako sa ospital.

**"Kung may bayad lang ang bawat tanung mo, nakabili na kong bagong sapatos."** Walang buhay kong sabi.

**"Kung hindi ka ganyan, hindi ako mangungulit na magtanung sayo."** Sabi nya at sandaling tinigil ang pagmamasahe sa kamay ko. **"...Pwede kang magsabi sakin."**

Gustohin ko man parang hindi ko kaya magsabi. Malaking bahagi ko ang tumatanggi na magsabi ako sa kanya.

Nagpilit ako ng ngiti.

*Pasensya na...*

Mabait naman si Yuri, kahit minsan may sapi din parang si Keifer.

Speaking of Keifer, hindi ko pa sya nakikita mula kaninang umaga. Hindi nya rin ako inaaway kagaya dati. Katulad ng iba lagi din syang naka-alalay at hindi pumapayag na umuwi at pumasok ako mag-isa.

*Ang weird lang sa pakiramdam.*

Sanay kasi akong nagsasagutan kami o kaya nagbabatuhan ng matatalim na tingin.

Nakaka-miss din pala.

**"Section E! Hinihingi na ng committee yung pangalan ng mga isasali natin!"** Bungad samin ni Kit pagpasok nya ng room.

*Ay naku!*

Nasayang yung mga panahon na dapat nakapag-handa na kami para sa Festival. Laking perwisyo ng nangyari samin.

**"Si Jay-jay at Ci-N sa Mr. Ganda at Ms. Pogi."** Sagot ni Eren.

Tsk! Hindi ako pwedeng tumanggi. Ako lang kaya kasi nag-iisang babae dito samin. Ngayon ko naramdaman ang hirap ng kalagayan ko.

**"Panu yung sa battle of the band?"** Tanung nung iba.

**"Hindi ba kayo pwede Yuri?"** Tanung ni Rory kay Yuri na busy sa pag-mamasahe sa kamay ko.

Sila Yuri? Sa battle of the band? Tinignan ko sya at hinintay rin ang sasabihin nya.

**"Hindi ko pa nakaka-usap si Keifer tungkol dyan."** Sagot nya.

Muling nag-usap-usap ang mga luko.

**"May banda ba kayo?"** Tanung ko sa kanya.

**"Meron... Si Keifer ang singer, ako ang lead guitar, si Edrix sa drums, si Rory ang sa base at si Felix piano."**

Ay oo... May nakita nga pala akong gitara sa kwarto ni Yuri dati nung nagpunta ako sa kanila.

**"..pero hindi na kami nakakatugtog. Nawalan na ng gana si Keifer buhat nung... Kay Ella."** Dagdag nya pa.

*Sayang naman.*

**"Sa Dance troops... Sino?"** Tanung nila.

Tsk! Isa pa nga pala yun. Meron pang singing contest. Naku naman! Sakit talaga sa ulo tong gustong mangyari ni Freya samin.

**"Meron kang ideya Jay?"** Tanung sakin ni Kit.

*Bakit ako yung tinatanung nyo?*

Umiling lang ako at tinuon ang tingin ko sa ginagawa ni Yuri.

May ilang minuto pa nag-usap ang mga ulupong bago dumating si Sir Alvin kasunod ang Hari.

Yung totoo, parang si Keifer ang teacher kapag pumapasok sya. Kahiya, mas maaga pa sa kanya si Sir.

Nakatingin sya sakin habang naglalakad papunta sa upuan nya sa likod.

*Kailangan nakatingin talaga?*

Nagsimula na si Sir Alvin magturo at aaminin ko, hindi ako nakikinig. Hindi sa ayoko pero lutang na naman ang isip ko sa kung saan. Feeling ko nakarating na yung diwa ko sa Antartica----*charot!*

Natapos ang klase ng hindi ko namamalayan. Habang naguusap-usap yung iba, bigla nalang lumapit sakin si Keifer.

**"Sumunod ka sakin."** Utos nya.

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Naglakad na sya palabas kaya sumunod na rin ako.

Bigla syang lumiko sa hagdan paakyat sa second floor. Tumakbo ako para habulin sya at itanung kung bakit nya ko pinapasunod.

Ang lalaki ata ng hakbang ni Keifer. Ang bilis nawala sa paningin ko. Pagdating sa second floor nakita ko syang nakahinto sa tapat ng room na saradong sarado.

Katabi yun ng room kung saan ko nakuha yung love letter ni Calix. Pinaka-dulong room na yun.

**"May kailangan ka ba?"** Tanung ko sa kanya.

Merong syang kinuha sa bulsa nya.

*Susi?*

Sinaksak nya yun sa doorknob ng pinto at binuksan yun. Sinenyasan nya kong pumasok sa loob. Ayoko sana pero pursigido yung mga tingin nya sakin.

Dahan dahan akong pumasok. Madilim at walang kahit anong liwanag na pumapasok maliban sa pintong nakabukas.

Pagpasok sa loob, sumunod sakin si Keifer at agad na sinira ang pinto.

*Hala! Hala!*

**"Hoy! May balak kabang masama sakin?!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang bumukas ang ilaw at nakita ko ang kabuuan ng kwarto. May sofa sa gitna, dalawang lamesa sa magkabilang pader. Puro picture at halos takpan na nito ang pader na dinidikitan.

Lumapit ako don at inisa-isa yun. Puro picture ng kalalakihan, merong kaunting babae. Lahat sila naka-uniform ng HVIS.

Merong stolen shot at merong napaka-seryoso ng mga muka nila. Luma na yung iba yung tipong kupas na pero may muka namang bago pa.

**"Sino-sino tong mga to?"** Tanung ko kay Keifer na naka-sandal sa kabilang lamesa.

**"Mga Section E. Year 1994 to present year."** Sagot nya sabay turo sa isang part ng pader.

Lumapit ako don at nakita ko sila Ci-N. Puro wacky o kaya nakatawa sila habang naka-harap sa camera. Tinitignan ko yun ng may mapansin ako. Iisa lang kasi ang picture ni Keifer at kasama nya pa si Ella.

Agad akong tumingin sa iba, sakit kasi sa mata----*charot!* Wala lang, hindi kasi masaya tignan.

**"Bakit nga pala kayo may ganito?"** Tanung ko.

**"Ang totoo hindi namin alam. Natagpuan lang namin to nung lumipat na kami ng room dyan sa baba. Puro picture ng mga senior at junior. Tapos naisip nila na makisali na din."** Paliwanag nya.

*Astig!* Akalain mong may ganito pala yung mga previous Section E. Hindi ko maiwasang hindi mapangiti. Siguro mga ulupong din sila kagaya ng mga Section E ngayon. Malakas din ang tama sa utak at mga kumag kagaya ni Keifer.

Napahinto ako sa pagtingin ng may makita akong pamilyar na tao.

*Si Kuya Angelo!*

Tinignan kong mabuti yung picture. Baka kasi namamalik-mata lang ako. Pero sya talaga, meron pang band aid sa panga at pisngi. Naka-side view at parang hindi nya alam na kinukuhanan sya.

**"Si Kuya to di ba?"** Tanong ko ulit.

Hindi ko mapigilang hindi ma-excite. Kaya pala ang dami nya alam tungkol sa Section E. Galing din pala sya dito.

**"Yeah... He is the best and most powerful President of Section E before."**

**"Ganun kalupit si Kuya?"**

**"Believe it or not half of this town knows him well. Other schools don't want to visit here because of him."**

Tinignan ko ulit ang picture ni Kuya. Ang sarap kasing pagmasdan, pag-uwi ko sasabihin ko sa kanya to.

**"Now you're smiling."** Biglang sabi ni Keifer.

Napa-isip naman ako. Nakangiti nga ako mula kanina. May problema ba dun?

**"...Muka ka kasing binagsakan ng mundo sa itsura mo."** Dagdag nya.

*Impakto!*

**"Pwede ba kong maglagay ng picture dito?"** Pag-iiba ko sa usapan.

Ayokong sirain ang moment ng dahil sa Keifer na to.

**"Yeah... Anytime. Just tell me when so I can lend you the key."**

Nag-smile naman ako at nag-nod. Anu kayang magandang ilagay na picture dito? Gusto kong ilagay yung nasa amusement park kami kayalang muka naman kaming tanga don.

Tumingin pa ko ulit ng picture. Ang daming pamilyar na muka. Nakita ko pa yung classmate ni Kuya Angelo na kasama nyang nagpunta kila Lola dati.

**"Tara na... Baka hinihintay na nila tayo."** Aya sakin ni Keifer.

Sumunod naman ako at baka kanina pa nandon yung teacher namin. Hinintay ko munang isara nya yung pinto ng room bago kami naglakad.

**"Thank you..."** Sabi ko.

**"Hm?"**

**"Co'z you let me see those pictures."** Sabi ko at nag-smile.

**"Tss."**

Panira ng moment! Pwede naman nyang sabihin na '*Wala yun*', o kaya '*Welcome*'. Pero yun pang mahiwagang *Tss* ang sinagot nya.

*Kumag!*

Pagpasok sa room, expected ko ng may teacher sa harap na nagtuturo pero iba yung inabutan ko.

Nakahilera sila sa bandang likod. Nakatalikod sila samin.

*Anong meron?*

Tinignan ko si Keifer sa pagbabasakali na alam nya yung nangyayari pero mukang wala din syang alam.

Bigla nalang may tumunog na music at sinabayan ng mga ulupong. Pamilyar sakin yung tugtog, alam ko kanta ni Vong Navarro to eh.

**"*Yay yay ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay ya!*"**

Humarap ang Yuri samin na may hawak na mic. Nanlaki yung mata ko.

*Kakanta sya?*

***"Pag ang puso ko ay nagmahal. Garantisado na magtatagal. Pero kung ito'y masasaktan. Hindi mo matitikman."*** Kanta ni Yuri na sinabayan ng pagsayaw ng mga ulupong.

Gusto kong tumawa ng malakas dahil sa mga itsura nila. Feel na feel yung tugtog. Giling ng giling.

Si David naman ang humawak ng mic.

***"Hindi mo to matitikman, mahal. Kahit na mayaman ka't sosyal. Kung 'di ka rin marunong magmahal. Hindi mo to matitikman."*** Kanta din ni David.

Mas nakakatawa yung itsura nya. Seryosong seryoso kasi at halatang napipilitan. Napatingin ako kay Keifer na nakapamaywang at nakahawak ang isang kamay sa bibig.

***"Kung katawan ko lang ang habol nyo. Na kung gumiling ay lumiliko. Masusunod parin ang puso ko. Ang puso na Don Romantiko."*** Sabay na kanta ni David at Yuri.

***"Hugh! Hugh!"*** Sigaw nila at nagpagiling-giling na naman. ***"Yay yay ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay ya!"***

*Jusme!*

Mapagkakamalan silang macho dancer sa itsura nila. May kumakagat pa sa labi. Si Ci-N naman may pataas-taas pa ng polo feeling my abs.

Ramdam ko yung pamumula ng muka ko. Pigil na pigil ko kasi yung tawa ko at isama pa yung pakiramdam na muka silang timang.

Si Calix naman ang humawak ng mic.

***"Kakisigan ko'y hindi biro. Parang langit na nga yata ako. Kung ako ay lolokohin nyo. Hindi mo to matitikman."*** Kanta nya.

Pinasa nila yung mic kay Ci-N na gumitna pa habang gumigiling.

***"Matatawag din akong D' One. Dahil di kayo iiwan. Pag ang puso ko ay sinaktan. Hindi nyo to matitikman."*** Kanta nya habang tinuturo pa ang puso nya.

***"Kung katawan ko lang ang habol nyo. Na kung gumiling ay lumiliko. Masusunod parin ang puso ko. Ang puso na Don Romantiko."*** Sabay na kanta ni Ci-N at Calix.

***"Hugh! Hugh!"*** Sigaw na naman nila na mas nilakasan pa at nagpagiling-giling na naman. ***"Yay yay ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay ya!"***

Bigla nalang lumapit si Keifer sa kanila. Mukang papatigilin nya dahil parang kanina pa sya hindi natutuwa sa ginagawa nitong mga to.

Inagaw nya yung mic at sandaling tumingin sakin.

***"Pag naglambing si Don Romantiko. Malilimutan nyo pangalan nyo. Pero kung hindi ka totoo. Hindi mo to matitikman."*** Kanta ni Keifer.

Natakpan ko nalang ang muka ko ng dalawa kong kamay. Feel na feel nya kasi yung kanta at pag-giling. *Ang init ng muka ko!* Napahawak ako sa pisngi ko at tinignan ulit sila.

***"Kung katawan ko lang ang habol nyo. Na kung gumiling ay lumiliko. Masusunod parin ang puso ko. Ang puso na Don Romantiko."*** Bigla nalang sya nagtopless at gumiling.

*Putcha! Macho dancer ata tong si Keifer sa gabi!*

***"Hugh! Hugh!"***

***"Yay yay ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay yay ya ya! Yay yay ya!"***

Napatitig ako kay Keifer na feel na feel pa rin ang pagsayaw at kanta.

*Best President ba kamo?*

Para sakin.... Kaharap ko lang naman sya ngayon at giling ng giling kasama ng mga kapwa nya ulupong.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 77

**Part of the Past**

***Jay-jay's POV***

**"Hoy! Bilisan mo nga!"** Sigaw sakin ng Hari.

**"Eto na! Eto na! Kala mo naman..."** Sagot ko sa kanya at sumakay sa kotse nya.

Impakto tong Hari ng mga ulupong na to! Matapos magsasayaw at magkakanta sa harapan ko bigla nalang akong sinungitan.

*Saltik!*

Papunta kami ngayon sa Resto nila Eman. Magpaplano kasi kami para sa Festival. Kung bakit si Keifer ang sumundo sakin?-----hindi ko alam.

Si Yuri ang nagtext sakin pero sya yung dumating.

**"Asan si Yuri? Kala ko sya susundo sakin?"** Tanung ko sa kanya.

**"Ewan ko! Muka ba kong Lost and Found para hanapan ng nawawala!"** Pagsusungit nya.

*Ay ang sungit! Dinaig pa yung babaeng may dalaw.*

**"Daming sinabi!"** Pambabara ko.

**"Tss."**

Naku! Yan na naman yung mahiwagang '*Tss*'. Nakaka-imbyerna talaga yan.

Hindi na ko nagsalita sa buong byahe. Baka sungitan na naman ako ng impaktong Keifer na to.

*Baka may PMS.*

Pagdating sa Resto de' Superhero---yun ang pangalan ng resto nila Eman---as usual, kumakain na naman sila.

Agad akong lumapit kay Ci-N at kumuha ng fries.

**"Akin yan..."** Sabi nya at nilayo ang fries.

**"Damot ah!"**

Lumapit si Keifer kay Yuri na nasa unahang table. Tinignan ko yung paligid kung kumpleto kami. Andito din si Denzel at mukang dito sya nagta-trabaho.

Kapareho kasi ng suot nya yung suot ng mga crew. Wala pa kong balita sa usap nila ni Grace. Basta ang alam lang namin nagta-trabaho na sya para sa Baby.

*Sana nga lang magka-ayos na sila ni Grace.*

Tumayo si Yuri sa harap kaya tumahimik na kami para pakinggan ang sasabihin nya.

**"About sa Festival ang pag-uusapan natin! Una, yung mga sasali sa mga pa-contest! Ikalawa, yung task na pinapagawa satin!"** Paliwanag ni Yuri at may tinulak na medyo malaking white board sa likod nya si Eman.

Kinuha nya yung marker sa gilid at nagsimulang mag-sulat.

**"Monday..."** Simula ulit ni Yuri at huminto sa pagsusulat. **"...Monday ang parada, marka na simula na ng Festival! Dito rin ang araw kung saan lahat ng bisita galing sa iba't ibang school ay darating. Ipapakilala din ang kalahok na player sa program. Which mean walang contest."**

Sa ilalim ng salitang Monday sinulat ni Yuri ang '*No Contest!*', pero sa ilalim naman nun nilagyan ng '*Task!*'.

Muling humarap samin si Yuri. **"...sa task! Dahil next day ay pa-contest para sa Dance troops. Kahit hindi na sumama sa task yung mga kasali. Ibabawi nalang nila yun for the night."**

Biglang tumayo si Keifer at lumapit kay Yuri.

**"Unlike before, we will divide the duties into three groups. Mas maganda na rin to para makapagpahinga ang iba."** Sinenyasan nya si Yuri.

Nagsimulang magsulat si Yuri sa white board ng oras at pangalan sa ilalim ng salitang '*Task!*'.

**"Patrol Duty will start by 7 pm and end by 7 am. First group, Calix, Rory, Eman, Kit, and Felix----7 pm to 11 pm. Second group, Ci-N, David, Yuri, me, Eren, and Jay-jay----11 pm to 3 am. The third group will be the rest of the class that I didn't mention. Garbage collecting will start when the program ends."** Keifer explains.

*Information overload!*

Sa dami ng sinabi nya isa lang ang naintindihan ko. Kasama ko sila sa Duty!----Ayoko ata.

**"Ganto rin ang set up sa nga susunod na araw, except kung kasali kayo sa contest for the following day! No need to attend the duty!"** Yuri add before he stop writing.

Wala akong naiintindihan. Sumasakit ang ulo ko! Nakakaiyak naman to.

Naupo na ulit si Keifer habang naka-cross arm. Si Yuri na ulit ang nagpaliwanag ng lahat.

**"Tuesday... Dance troops ang pa-contest! Meron na ba tayong representative?!"** Tanong ni Yuri.

Nagtaas ng kamay si Ci-N. **"Kami... Ako, si Eren, si Calix, si David at si Kit."**

Sinulat ni Yuri yung mga pangalan na binanggit nila. Meron na kami sa Dance troops.

Nagtaas ako ng kamay. **"Okay lang ba kung kasali parin si Ci-N sa Dance troops at sa Mr. Ganda?"**

Dala-dalawang contest kasi yung sinalihan nya. Baka mamaya, kung anong sabihin ni Freya.

**"Wala naman nakalagay sa rules. Okay lang siguro yun."** Sagot ni Ci-N.

Nag-nod naman ako. Nagpatuloy si Yuri sa pagsusulat. Wednesday naman ang sinulat nya.

**"Battle of the band..."** Sabi ni Yuri at tumingin kay Keifer. **"...Tayo nalang ba dito?"**

Sandaling tumahimik ang lahat. Parang nag-iisip rin si Keifer. Sa totoo lang gusto ko rin silang lumaban. Gusto ko silang makitang tumugtog.

**"Wala naman tayong ibang representative... Just choose a proper song."** Sagot ni Keifer.

*Nice!*

Sinulat na ni Yuri ang pangalan nila. Pwede kaya akong magrequest ng kanta sa kanila? Meron kasi akong narinig na kanta sa radyo nung nakaraan.

Nagpatuloy si Yuri sa pagsusulat. Thursday naman ngayon.

**"Singing Contest... Lumabas na yung may mga hidden talent."** Sabi ni Yuri.

Nagtinginan kami. Wala naman kasi kaming naririnig na kumakanta samin. Except kay Ci-N na feeling nagco-concert kapag kumakanta. Kayalang plakda din ang boses nya.

**"Ikaw nalang..."** Sabi ni Keifer kay Yuri. **"...kumakanta ka diba?"**

Sandaling tumingin sakin si Yuri at bumalik ng tingin kay Keifer. Hindi ko pa sya naririnig na kumanta.

**"S-sige.. ako nalang."** Sabi ni Yuri at sinulat ang pangalan nya.

Nasa huling araw na kami. Friday kung saan ang Mr. Ganda at Ms. Pogi na.

*Parang gusto kong umatras!*

**"Kagaya ng na unang usapan. Si Ci-N para sa Mr. Ganda at si Jay-jay sa Ms. Pogi."** Paliwanag ni Yuri. **"...Sa umaga ang labanan ng each Year Level or same year pero iba-ibang section. Sa gabi naman ang labanan ng year level representative."**

Ibig sabihin dalawang beses lalaban. Una, labanan ng fourth year then sa gabi ang mga nanalo sa fourth year. Ang hirap ata, lalaban na sa ka-year level tapos kapag nanalo lalaban ulit.

Mananalo kaya ako? Ang hirap naman nito.

**"May hinanda na ba kayong kasabihan at talent?"** Tanong samin ni Eman.

**"May ganun ba?"** Tanung ko.

**"Oo meron."**

Nagtaas ng kamay si Ci-N. **"Ako meron na... Gusto nyo marinig?"** Pagyayabang nya.

Pumayag naman kami. Tumayo ang Ci-N at inihanda ang sarili.

**"I'm Ci-N Peralta representative of Section E! Naniniwala po ako sa kasabihang... '*Kapag malaki ang hinaharap, maraming gustong lumasap!*'."**

*Wow! Lalim nun!*

Naghiyawan naman ang mga luko with matching palakpak. Mga punyemas, kunsintihin daw ba.

"*Nakaka-inspired yun! Shit!*"

"*Nagbago agad ang pananaw ko sa buhay!*"

"*Pinapaiyak kami ng paniniwala mo!*"

Nasampal ko nalang ang sarili kong muka. Nakakagago yung mga sinasabi nila. Tinignan ko ng masama si Ci-N.

**"Seryoso ka dyan? Yan talaga sasabihin mo sa lahat?"**

Ngumiti ang Ci-N. **"Oo nam----aray!"**

Malakas na palatok ang binigay ko sa kanya. Pasaway talaga tong bata na to.

**"Ikaw Jay, kailangan mo na ring mag-isip ng kasabihan."** Sabi sakin ni Yuri.

Nag-nod naman ako kahit ang totoo wala akong maisip. Sigurado magtatanung nalang ako kay Lola, sya yung maraming alam sa ganyan.

Marami pa kaming pinag-usapan. Kailangan din naming magdala ng sleeping bag. Parang camping kasi yung mangyayari.

Magdadala din daw sila ng laptop para makapanood kami ng movie. Meron kasing hindi na talaga matutulog. May magdadala din ng isang damakmak na chutchirya. Meron ding magdadala ng insect repelant.

Sa dami ng pinag-usapan namin, hapon na kami naka-uwi. Si Yuri ang maghahatid sakin ngayon.

Nagpadaan muna ko sa mini mart. Gusto ko kasi ng ice cream.

**"Sandali lang ako. Dito ka lang ah?"** Sabi ko kay Yuri at nag-smile naman sya.

Pagpasok sa loob, hinanap ko agad yung ice cream kayalang nakakita ako ng ready to eat pasta. Yun muna yung pinuntahan ko.

**"Jay-jay?"** Tawag sakin ng kung sino.

Napatingin ako sa lalaking mukang 40's at nakatayo malapit sakin. Sya lang kasi ang nakatingin sakin na parang nagtataka at kinikilala ako.

**"I-ikaw nga..."** Sabi nito.

*Who you? Wrong number po kayo.*

**"Kamusta kana? Ang laki muna."** Sabi nya.

**"A-ayos lang po. S-sino po kayo?"** Tanung ko sa kanya.

**"Hindi mo ko na kikilala? Totoo pala."** Sabi nya na nagpataka sakin ng husto.

Umiling lang ako at bahagyang lumayo sa kanya.

**"W-wag ka matakot. Kilala mo ko, naging asawa ako ng Mama mo."** Sabi nya.

*Naging asawa?*

**"P-pasensya na po... Hindi ko po talaga kayo nakikilala."** Sabi ko at muling humakbang palayo.

**"O-okay lang... Pero hayaan mo na rin sana akong makapag-sorry sayo. Sa lahat ng ginawa ko nung asawa pa ko ng Mama mo. Mabisyo pa ko nun kaya kapag nakikita kita ikaw yung napagdidiskitahan ko. Maniwala ka, ngayong may anak na ko pinagsisisihan ko lahat ng yun."** Paliwanag nya habang patuloy sa paglapit sakin.

Dahan-dahan pa rin akong lumalakad palayo sa kanya. Nag-uumpisa na kasi akong matakot. Hindi naman ako sigurado kung totoo nga yung sinasabi nya.

**"Kung hindi mo pa rin ako naaalala, Tony dela Cruz ang pangalan ko."** Sabi nya na parang  naghihintay na makilala ko sya.

**"Pasensya na po... Hindi po talaga. Aalis na po ako."** Sabi ko at mabilis na tumakbo palabas.

Narinig ko pang may tumawag sa pangalan ko pero hindi ko yun pinansin.

Patuloy ako sa pagtakbo. Ang alam ko lang kailangan kong makalayo sa lalaki na yun. Hindi ko sya kilala pero hindi mawala yung takot ko sa kanya.

Napahinto ako ng makaramdam ako ng sobrang pagod. Bigla nalang may humintong sasakyan sa harap ko.

*Si Yuri!*

Nawala sa isip ko na hinihintay nya ko. Bumaba sya ng sasakyan.

**"Ayos ka lang Jay? Anung nangyari sayo? Bakit bigla kang tumakbo?"** Sunod-sunod nyang tanung.

Umiling lang ako at pilit tumayo ng maayos.

**"Jay... Pwede kang magsabi sakin."**

Tinignan ko sya sa mata. Ramdam kong gusto nya kong tulungan.

**"M-meron kasing lumapit sakin, naging asawa daw sya ni Mama pero.... Pero hindi ko sya maalala."**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 78

**Author's Note:** The long long wait is over... Picture sa baba..

**Festival Day 1**

***Jay-jay's POV***

Sinong excited?! *Wala*... Super excited?! *Meron.*

Ako! Hahahaha... Excited na ko. Super duper, ngayon pa lang kasi makakapunta sa Festival ng school. Sa kwento sakin nila Ci-N, super saya daw talaga ng Celebration. Kaya eto, na-excite ang Lola nyo.

8am ang start ng parada. Pwede na kaming hindi umattend nun. Hindi naman daw kasi kami hahanapin. Kaya mga before 10am na kami pupunta.

Tumingin ako sa wall clock. 9:30 na, pero wala pa rin yung sundo ko. Tinignan ko yung cellphone ko kung may text sila kayalang wala pa rin.

Lumabas na ko ng bahay para dun sila abangan. Sakto namang paglabas ko ang paghinto ng kotse ni David sa harap ko.

**"Sorry natagalan..."** Sabi ni Ci-N na nakasilip sa bintana.

Sumakay naman ako agad. **"Okay lang. Tara na!"**

Pinaandar ni David ang sasakyan. Malayo pa pero naririnig ko na yung malakas na music galing sa school. Medyo traffic, sa dami na rin siguro kasi ng tao. Dinaig pa yung fiesta sa daan.

Malapit na kami sa gate ng school ng ihinto ni David ang kotse.

**"Dito nalang tayo. Walang parking sa loob."** Sabi ni David.

Sabay-sabay na kaming bumaba. Tama nga sila Ci-N ang saya nga tignan. Ang daming bisita galing sa ibang school.

**"Wag kang lumayo samin."** Sabi sakin ni David.

Medyo nauuna kasi ako sakanila. Sa sobrang excitement siguro. Kaya huminto ako para makasabay sa kanila.

*Excited kasi eh.*

**"Saan mo gustong mauna pumunta?"** Tanung nila sakin.

**"Kumain muna tayo."** Aya ko.

Nag-nod naman sila sakin. Pagpasok sa gate halos hindi mahulugan ng karayom ang school. Ang daming tao.

Biglang may nag-announce, dinig ng lahat yun dahil sa nakapaligid na speaker.

**"*Please proceed to the auditorium. The program will start in 10 minutes.*"**

Nagsimulang maglakad yung mga tao papunta sa auditorium. Meron pinili nalang na hindi manood parang kami. Pinili nalang namin na kumain dito sa sushi house.

Maliit na stall lang to at parang galing convenience store lang ang sushi kaya hindi ganon kasarap.

**"Si Calix oh.."** sabi ni Ci habang nakaturo sa isang booth. **"...pupunta ako dun."** Bigla syang tumayo at tumakbo palapit kila Calix.

Pasaway talaga tong Ci-N na to. Pupusta ako, mag-aaway pa to. Manu hayaan nalang yung dalawa. Nagda-date kaya sila.

**"Gusto mo ng inumin?"** Tanung sakin ni David.

Nag-nod ako at agad syang nagpunta sa isang stall na nagtitinda ng shake. Nililigid ko lang yung mata ko ng biglang lumapit sakin si Kiko.

**"Hi Jay!"** Bati nya sakin.

Ngumiti naman ako bilang pagbati sa kanya. Naiilang ako, nag-iba na kasi yung tingin ko sa kanya pagkatapos nung sinabi sakin ni David.

**"Mag-isa ka lang?"**

**"Kasama ko sila Ci-N at David."** Sagot ko.

**"Ahh... Wala pa naman sila baka gusto mong sumama sakin."** Aya nya.

Bakit parang ang angas ng dating nya ngayon?

**"Hindi na. Dito nalang ako. Baka magalit yung girlfriend mo sakin."**

Baka bigla nalang akong sabunutan ni Freya habang naglalakad sa daan. Baliw din tong Kiko na to. Matapos kong bastiden, si Freya naman ang pinormahan nya.

**"Are you sure? I'm a great company."** Pagyayabang nya.

Umiling ako sa kanya. Gusto ko na sana syang paalisin. Hindi na kasi kompartable. Nakakailang na sya kasama.

**"Hindi na... Okay lang talaga ko."** Pagpipilit ko.

**"Okay then... But if you change your mind you know where to find me."** Sabi nya at lumakad na paalis.

Pag-alis nya ang sya namang dating ni David. Binaba nya yung shake na binili nya.

**"May ginawa bang hindi maganda sayo si Kiko?"** Bungad nya sakin.

**"Wala naman..."** Sagot ko.

Biglang tumunog yung cellphone ni David. Nagpi-pindot muna sya sandali bago ako kausapin.

**"Jay... Kailangan ko ng umalis. Nasa airport na kasi yung girlfriend ko."** Sabi nya.

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Mabilis na syang tumakbo paalis. Wala eh, mahirap kalaban ang girlfriend----*Charot!*

Tumayo na rin ako para hanapin si Ci-N. Nawala na kasi sila sa paningin ko. Nakikipag-kulitan lang sya kanina kila Calix at Mica.

*Saan na napunta yun?*

Naglakad-lakad muna ko. Naniningin na rin sa mga booth hangang sa mapahinto ako. Meron kasing stuffed toy na Snorlax.

**"Kuya... Magkanu po yung Snorlax?"** Tanung ko sa lalaking nagbabantay sa booth.

**"Hindi po binebenta yan... Kailangan nyo pong pabagsakin yung tao sa dulo para makuha yan."** Sagot nung lalaki sakin habang nakaturo sa isang tau-tauhan na sing liit at payat ata ng daliri ko.

**"Anong gagamitin para mapabagsak?"**

**"Eto po..."** Sabay pakita ng pellet gun.

*Kelan ko pa matamaan yan?!*

Pang-lamang tong si Kuya. Napaka-imposibleng tamaan nun. Para syang nasa tuktok ng bundok. Meron namang ibang bagay na pwedeng tamaan pero syempre yung Snorlax talaga yung gusto ko.

Umiling ako kay Kuya para sabihin sa kanya na hindi nalang. Masasayang lang yung ibabayad ko, obvious naman na hindi ko mukukuha.

May bigla nalang lumapit na lalaki sakin at huminto sa harap ko.

**"Hey... Are you *mine*? Co'z I am *yours*."** Sabay ngiti.

Tinignan ko siya ng masama. Naka-shade at shorpet siya, hindi ko makita ng maayos ang muka niya.

**"Kuya... Nagkakahulihan na. Iwasan mo na ang droga."** Komento ko at bigla syang tumawa.

*Kairita!*

Pero ang gwapo ng pagtawa nya. Parang macho pakinggan. Tawa pa lang benta na.

Hinubad nya yung shades nya at siniksik sa bulsa ng polo shirt nya. Humarap sya sakin at dun ko lang nakilala kung sino sya.

*Kuya'ng Blue Eyes!*

**"Benta sakin yung sinabi mo. Joker kaba?"** Sabi nya.

Inirapan ko naman sya. **"Hindi! Corny kasi ng pick up line mo!"**

Muli syang tumawa. **"Sungit mo naman. Anu nga ulit pangalan mo?"** Tanung nya sakin.

*Hmpf!* Feeling naman nya sasabihin ko. Never ko pa kayang binigay sa kanya yung pangalan ko.

**"Secret."** Sagot ko.

**"Okay Secret... Ako nga pala si Promise."** Sabi nya at nilahad ang kamay.

**"Lelang mo panot!"**

Tumawa na naman sya. **"I have no Lelang."**

Yung feeling na same sila ng dating ni Keifer, Aries at Yuri. May sapi, saltik, topak at kumag din sya. Ang weird sa pakiramdam.

**"Ewan ko sayo! Anu ba kailangan mo?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

Huminto sya sa pagtawa. **"Your name. Ilang beses na tayong nagkikita pero hindi ko pa rin alam ang pangalan mo."**

Parang ayoko sabihin. Sarap kasing inisin nitong si Kuya'ng Blue Eyes.

**"Next time ko nalang sasabihin. Kapag nagkita tayo ulit."** Pang-aasar ko.

**"C'mon! I'm dying to know your name!"** Pag-iinarte nya.

*O.A ah! Dying daw!*

**"O.A mo!"**

Napakamot sya ng pisngi at napatingin sa booth na katapat namin.

**"Ganito nalang... I'll play this game for you. Since I saw you asking and pointing to that stuffed Toy."** Sabi nya sabay turo kay Snorlax na may 3ft. ang laki. **"I will win that price and exchange it for your name."**

Yabang naman nito. Feeling nya makukuha nya talaga. Kaya nga nagbago isip ko kasi obvious na mahirap kunin.

**"Sige."** Mayabang kong sagot.

He smirks and walks toward the booth. He handed in his payment. Limang bala ng pellet para sa 25pesos. *Pwede na!*

**"Snorlax for your name."** Sabi nya at tinutok tong baril-barilan sa target.

Kakaiba yung paghawak nya ng baril. Para bang expert na sya. Pinaputok nya, mintis ang unang tira.

*Wala... Mahina to.*

Kinasa ulit nya at tinutok sa target. Tumama pero hindi gumalaw yung tau-tauhan.

*Putcha! Naka-glue yata yung tau-tauhan!*

Kinasa na naman nya. Ikatlong bala na to. Tinutok nya at tumama na naman. Hindi pa rin gumalaw.

*Duga! Naka-glue talaga!*

Kinasa nya, pang-apat na to. Isa nalang natitira sa bala nya. Kapag eto hindi gumalaw, wala ng pag-asa. Tinira nya, tumama at gumalaw!

*Gumalaw! Gumalaw! May pag-asa!*

Huling bala na. Kinasa nya, at tinutok sa target. Nakagat ko nalang ang kuko habang naghihintay ng resulta. Pa-thrill kasi tong si Kuya'ng Blue Eyes.

Huminga sya ng malalim at.... Tinamaan! Tumamba yung target!

**"YES!!!"** Sigaw ko habang nakataas ang dalawang kamay.

Binaba ni Kuya'ng Blue Eyes yung baril-barilan. Inabot sa kanya ni Kuya yung Snorlax. Napapalakpak nalang ako habang hinihintay na iabot nya sakin.

**"Your name..."** Sabi nya.

**"Jasper Jean Mariano... Jay-jay for short."** Sabi ko at inagaw sa kanya si Snorlax.

Niyakap-yakap ko yun at pinang-gigilan. Kinagat-kagat ko din yung tenga.

**"Nakakatakot ka pala mang-gigil. Nangangagat!"** Pang-aasar nya.

Dinilaan ko naman sya bilang sagot. Hinigpitan ko pa yung yakap kay Snorlax.

Napansin kong may tinitignan sya sa bandang likod ko. Lilingon na sana ko para tignan yun pero bigla syang nagsalita.

**"I have to go. Nice to meet you Jay-jay."** Sabi nya at nag-umpisa ng maglakad.

**"Teka! Yung pangalan mo!"** Sigaw ko sa kanya.

Huminto sya sandali at tinignan ako. Seryoso yung mga mata nya at para bang napaka-halagang detalye nung hinihingi ko.

**"Percy... Percy Mariano."** Sabi nya at mabilis na naglakad paalis.

*Percy Mariano?!*

Pamilyar sakin yung Percy at yung Mariano----Magka-apilyido kami!

Agad ko syang hinabol. Baka kamag-anak ko sya o baka kilala nya si Papa. Nakarating na ko ng gate pero hindi ko na sya makita.

Nagkasalubong kami ni Aries at agad nya kong hinawakan sa braso.

**"Asan yung kausap mo kanina?!"** Mariing tanung nya sakin.

**"Umalis na!"**

**"Anong sinabi nya sayo?!"**

Inalis ko yung kamay nya na naka-kapit sa braso ko. Tinignan ko sya ng masama. Anu namang paki-alam nya sa kausap ko kanina.

**"Wala! Tinanung lang nya pangalan ko!"**

Kita kong hindi sya mapakali at parang may kung anong problema. Agad syang lumakad paalis at parang may hinahanap.

Istorbo tong Aries na to. Nawala tuloy yung hinahanap ko.

**Author's Note:** Calix Rivera. Kuwari gusgusin sya.

BTS


방탄소년단
http://cafe.daum.net/BANGTAN

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

OceanofPDF.com

# Chapter 79

**Festival Day 1.5**

***Jay-jay's POV***

***Yaaaawwwwwnnnnn***

Wala pa man din pero inaantok na ko. Papunta na kong school ngayon. Umuwi muna kasi ako para kumuha ng gamit at babaunin. Dala ko pa rin si Snorlax.

*Tabi kami ni Snorlax!*

6pm na ko pumunta, kung anu-anu kasi pinag-gagawa ko kanina. Bukod sa paghahanap kay Kuya'ng Blue Eyes na Percy pala ang pangalan.

Sino kaya talaga sya?

Pagpasok sa school, marami pa ring tao. May program pa rin kasi sa auditorium. Dumiretso ako sa room namin.

Naka-ayos na yun. Ginilid na namin yung mga lamesa at bangko. Pagpasok ko kanya-kanya sila ng usap. Meron pang hindi nakapag-hintay at natulog sa hilera ng lamesa.

**"Saan galing yang hawak mo?"** Tanung ni Ci-N sakin.

**"Nakuha ko kanina sa palaro."** Mabilis kong sagot.

Binaba ko yung bag ko at nilabas yung sleeping bag. Nilabas ko din yung chutchirya ko, na malaking pagkakamali.

*Dinagit ng Agila!*

**"Thug life."** Sabi ni Ci-N at naki-gulo sa mga ulupong na kumuha ng pagkain ko.

Inayos ko nalang yung gamit ko. Pagtungtong ng 7pm lumabas na sila Calix, may dala silang flash light.

Hinihintay pa rin namin na matapos yung program. Dahil first day ngayon, maaga daw matatapos yun.

Balak ko sana matulog kayalang na-curious ako sa pinag-uusapan nila Ci-N at ng iba.

**"Meron talaga... Nakita ko."** Sabi ni Eren.

**"Sabi nga nila, meron daw talaga don."** Sagot naman ni Ci-N.

**"Si Josh, may third eye yun. Sya tanungin natin dyan."** Sagot naman nung isang kausap nila.

Si Josh, yung kaklase naming tahimik. Laging tulog at kapag nagsasalita nakakatakot. Ang hina kasi ng boses nya, parang nangongonsensya.

*Usapang multo.*

Bigla tuloy akong kinilabutan. Ayoko kaya ng multo. Oo... Hindi nila ko sasaktan pero---Hellow?!---nakakatakot pa rin!

**"Tapos na yung program!"** Sigaw ng kung sino kaya nagtayuan na kami.

Tinabi ko muna yung bag ko pati na rin si Snorlax. Lumabas na kami at sinara muna yung room. Sa auditorium kami dumiretso kung saan, lumalabas na yung mga tao.

Inabutan ako ng garbage bag ni Ci-N. Paglabas ng mga tao, nagsimula na kaming maglinis.

**"Would you look at that?"**

Napatigil ako dahil sa nagsalita. Sino pa nga ba?----edi si Freya'ng bruha! Nakayapos pa sya sa braso ni Kiko, at obvious na naiirita na sa kanya.

**"Bagay na bagay sa inyo yung Task. Basura!"** Sabi nya at ngumiti ng nakaka-asar.

Binuksan ko yung garbage bag ng maluwag at hinarap kay Freya. **"Pasok na!"** Utos ko sa kanya.

Tinignan nya ko ng masama. **"Why would I do that?!"**

**"Basura ka diba? Umaalingasaw nga yung bulok mong ugali! Pasok na!"**

Nagpamaywang sya at pinagtaasan ako ng kilay. **"Excuse me! You and the whole Section E are the trash not me!"**

Ginaya ko yung postura nya. **"Basura man kami sa inyong paningin, may pakinabang pa rin!"**

Bigla syang umarte na parang shock. **"Wag mo nga akong gayahin! Nasisira ang reputasyon ko!"**

*Wow!*

**"Anong reputasyon? Ng pagiging coloring book? O pagkakaroon ng bulok na ugali?"**

Akmang susugurin na nya ko ng bigla syang hawakan ni Kiko. Inalayo na nya si Freya habang pilit itong nagpupumiglas.

Lumapit sakin sila Yuri. **"Okay ka lang Jay?"**

Nag-nod naman ako.

**"Totoo pala talaga... Sila na nga ni Kiko."** Sabi ni Ci-N.

Oo, wala naman na sakin yun. Binasted ko naman sya eh. Pero kahit papanu may something pa rin sakin na tumututol.

Bumalik na kami sa paglilinis. Inipon namin sa labas ng auditorium yung mga basura. Wala naman kaming problema sa labas. Mahigpit kasi yung school pagdating sa littering, kaya nga halos magkakatabi lang yung basurahan.

Bumalik na kami sa room. 9:30 pm pa lang, nakaka-bored! Gusto ko sana matulog kayalang baka mahirapan akong gumising.

Pagdating namin, kinuha ko agad si Snorlax at naupo sa tabi ni David. Nanunuod kasi sya ng movie sa tablet nya.

**"Panood ako..."** Sabi ko.

Nilapit naman nya yung tablet sakin. Hinintay kong lumabas yung title nung movie ng biglang-----*Conjuring 2!*

*Shutang'names naman!*

Ayoko nyan! Nakakatakot yan! Kingina!

**"Ayoko na pa lang manood."** Sabi ko at bahagyang tinulak ang tablet kay David.

**"Bakit? Natatakot kaba?"** Tanung nya sakin.

Umiling ako. **"Hindi... Ayoko lang."**

**"Dito ka na lang... Wala akong kasama manood."** Sabi nya at nilapit sa 'kin ang tablet.

Ayoko sana, kayalang ayoko ding iwan tong si David. Nakakahiya kaya!

Napilitan akong manood----*aaaarrrggghhhh!!! Yung Madre!*

*Iiiiikkkkkkk!!* Nakakatakot!

**"Bakit namumutla ka Jay?"** Tanung sakin ni Ci-N.

**"W-wala..."** Sagot ko at napakagat ng labi.

*Kasi tang'na! Yung madre!*

Natapos yung movie na pinapanood namin. Nakayakap pa rin ako kay Snorlax at aaminin ko, natatakot ako! Feeling ko kapag tumingin ako sa ibang direksyon makikita ko yung madre.

**"11pm duty!"** Sigaw ni Keifer at nagtayuan na sila.

Ako? Nakaupo pa rin! Ayoko ng sumama.

**"Tara na!"** Aya sakin ni David.

Napilitan akong tumayo at iwan si Snorlax sa sulok. Kinuha ko din yung flashlight na pinadala nila.

Nakagitna ako sa kanila at hindi nagsasalita. Sa main building kami nagkita-kita ng mga naunang duty.

**"Kayo naman... Matutulog na kami."** Sabi ni Kit at naglakad na pabalik ng room.

**"Pupunta muna tayo sa likod ng gymnasium. Yun ang madalas na taguan ng mga luko-luko."** Sabi ni Keifer at naglakad na.

Diretso lang ang tingin ko. Ayokong tumingin sa ibang direksyon! Mahirap na baka may makita ako----

**"Aaahhh..."** Sigaw ko.

Kinalabit kasi ako ni Ci-N. *Hayop!*

**"Napapanu ka?"**

**"Impakto ka kasi!"** Galit na sagot ko sa kanya. **"..Bakit nga pala andito ka?! Kala ko may laban kayo bukas?!"**

Ngayon ko lang naalala. Sabi ni Yuri kahit daw hindi na sila dumuty.

**"Sa room kami nagpractice."** Sagot nya sakin.

Kaya pala. Pero hindi ko sila naabutan. Nakarating kami sa gymnasium pero wala namang tao.

Lumipat kami sa auditorium. Wala na ding mga tao dun.

**"Okay... Maghiwa-hiwalay na tayo. Group into two."** Sabi ni Keifer.

Agad akong kumapit kay David. Sya lang malapit sakin pero bigla nalang akong binitbit ni Yuri sa kwelyo sa batok.

**"Hindi ka pwedeng sumama kay David."** Sabi nya.

**"Bakit?"** Tanung ko.

**"K-kasi... A-anu..."** Nauutal nyang sagot.

**"Baka magalit girlfriend nya."** Sabi ni Ci-N.

**"O-oo yun nga... Baka magalit."** Dagdag ni Yuri at umiwas ng tingin.

**"Maiba taya nalang... Pero hindi kasama si David."** Sabi ni Eren.

Pumwesto namin kami at tanging si David----na nagtataka sa nangyayari----ang hindi kasama.

**"Maiba... Taya!"** Sabay sabay naming sigaw.

Si Eren ang unang naiba kaya sya ang makakasama ni David. Pumwesto ulit kami.

**"Maiba... Taya!"**

Si Ci-N ang sunod na naiba kaya tumabi muna sya. Balik sa dating pwesto, pero bago kami magsimula napansin ko si Yuri na parang siniseryoso yung ginagawa namin.

*Wala namang Jockpot price! Pakaseryoso ka dyan!*

**"Maiba... Taya!"**

Ayun! Si Yuri ang naiba at kami ni Keifer ang partner. Parang ayoko! May sapi pa naman to!

**"Okay... David and Eren sa building kayo ng freshmen. Yuri and Ci-N sa second year. Kami sa third year."** Utos ni Keifer at nagkanya-kanya na kami ng lakad.

Dumiretso kami sa building area ng third year. Kagaya samin, meron din silang tinatawag na main building at cafeteria. Mas malapit nga lang sila sa auditorium samantalang kami abot kamay ang gymnasium.

Yayamanin kasi ang school namin kaya magkaiba pa yung Auditorium at Gymnasium.

Pumasok kami sa main building. Medyo madilim, hindi na kasi nag-eeffort yung mga utility na buksan yung ilaw dahil naka-focus daw lahat sa mga booths at stall.

**"Pagkatapos dito, pupuntahan natin yung mga booths and stall sa harap ng main building natin."** Sabi ni Keifer habang patuloy sa paglalakad.

**"S-sige."**

Patuloy kami sa paglalakad at dumiretso naman kami sa second floor ng building.

***BOGSH***

*ANU YUN?! TENGENE! UWIAN NA!*

**"Bitawan mo nga ako!"** Sigaw ni Keifer sakin.

Napatingin ako sa sarili ko. Nakakapit pala ako sa kanya. Sa sobrang takot na rin siguro. Bumitaw ako at inayos ang sarili ko.

**"Puntahan natin yun."** Utos nya.

Matinding iling ang binigay ko sa kanya bilang sagot. *Kingina*! Horror Movie lang gumagawa nun! Dapat don iniiwasan!

**"Panu kung magnanakaw pala yun?"** Sabi nya.

**"Panu kung hindi?"**

**"Panu mo masisiguro kung hindi natin pupuntahan?"**

**"Panu kung bumalik nalang tayo at tumawag ng re-enforcement?"** Pagpipilit ko.

Tinignan nya ko ng masama. **"Tara na! Sayang oras!"** Bigla nya kong hinawakan sa kamay at pilit hinatak sa kung saan.

Pinilit ko nalang alisin yung takot ko. Nagh-humming ako ng kanta ng One Republic, Secret.

**"Anong title nyan?"** Biglang tanung ni Keifer.

**"Secret ng One Republic."**

Nag-nod lang sya bilang sagot. Eto yung kantang narinig ko sa radyo nung isang araw.

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya. **"...pwede request? Yun nalang tugtugin nyo sa Battle of the Band."**

**"I'll ask them about it."** Sagot nya sakin.

Napahinto kami sa tapat ng isang kwarto. Bukas kasi ang pinto nun. Si Keifer ang unang sumilip at dahan-dahang binuksan ang pinto. Sya rin ang unang pumasok.

Basag na picture frame lang ang nakita namin. Mukang nalaglag yun sa pagkakasabit sa pader. Hinayan nalang ni Keifer at akmang lalabas na ng bigla syang huminto.

Bakas ang gulat at takot nya habang nakatingin sakin-----saking likod.

**"B-bakit?"** Tanung ko sa kanya.

Ang lamig ng pakirandam ko. Para bang may nakatapat na AC sa likod ko.

Ilang beses syang lumunok at dahan-dahang tumuro sa likod.

*Tengene! Alam ko na! Eto na sinasabi ko!*

Dahan-dahan din akong lumingon at....

At.....

At.....

PUTANG'NA!!! WHITE LADY!!

**"AAAAAAAHHHHHHHH!!!"**

**Author's Note:** Micaela "*Mica*" Yumol.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 80

**Festival Day 2**

***Jay-jay's POV***

Yung feeling ng hindi natulog dahil sa sobrang takot! Eto yun eh! Kinginang White Lady yun!

Ayoko talaga sa multo. Hindi ko nga alam kung panu kami naka-alis dun. Busit!

Papunta ako ngayon sa covered court ng school. Meron kasing laro, gusto ko pa ring mapanood kahit sandali. Buti nalang at late na nag-umpisa, pag-uwi ko kasi sa bahay nakatulog ako at late na nagising.

Nakita ko sila Ci-N na malapit sa bench ng team player ng school namin. Pumunta kagad ako dun, nakisiksik at halos isumpa na ko ng mga taong ginigitgit ko.

*Lakompaki sa inyo!*

**"Dito ka Jay!"** Sabi ni Ci-N sakin.

Umupo naman ako sa tabi nya. Dun ko lang napansin na katabi ko pala si Felix sa kabilang side. Nginitian ko sya at inalok ng dala kong pagkain.

Tinignan muna nya yun at ako. Nagpilit sya ng ngiti at kumuha. Ramdam kong pilit din nyang inaayos yung sa pagitan naming dalawa.

Sadyang nahihirapan lang talaga sya.

**"Lincoln High daw ang kalaban! Madadaya yung mga yun!"** Sigaw ng kung sino mula sa harap namin.

**"Lincoln High?"**

**"Edi yung school nung bestfriend mo! Hahaha si Ram!"** Sagot ni Ci-N na nagpatigil sa buong Section E.

Hindi yata makaramdam ang taong to! Pilit ko na ngang kinakalimutan yung nangyari papaalala pa.

**"Wag mo syang pansinin Jay."** Sabi sakin ni Felix.

Biglang may umubo sa microphone, umalingaw-ngaw ang natinis na tunog nito. Sa may court gumitna ang pinaka-iinisan kong babae sa mundong ibabaw. *Si Freya!*

**"HELLO HVIS! WELCOME LINCOLN HIGH!"** Sigaw ni Freya.

Malakas na hiyawan ang sinagot ng mga nanunuod. Muntik ng humilaw yung tenga ko sa lakas ng hiyawan.

**"SIMULAN NA NATIN ANG GAME 1!"** Sigaw nya ulit.

"*LINCOLN HIGH FOR THE WIN!*"

"*HVIS! HVIS! HVIS! HVIS!*"

Nangingibabaw ang pangalan ng bawat school. Kung palakasan lang ng sigaw ang labanan----ay panalo si Freya!

**"LADIES AND GENTLEMEN! HVIS SHARK SLAYER!!"** sigaw na naman ni Freya at malakas na dagundong ang yumanig sa court.

Lumabas mula sa sulok ang player ng school namin. Kasama si Kiko at Mykel. White and Blue ang kulay ng jersey nila, samantalang may simbolo ng pating yung barcity jacket nila.

**"AND OUR GUEST PLAYER! LINCOLN HIGH BULL FIGHTER!"** Sigaw na naman ni Freya-----*tang'na! Nakakarindi!*

Naghiyawan na naman ang mga nanunuod pero hindi kagaya kanina hindi na ganun kalakas.

Kulay Pula at dilaw ang kulay ng Jersey ng Lincoln High. Simbolo naman ng toro yung nasa Barcity Jacket nila.

**"AT ANG ATING GUEST HONOR! MULA SA MGA KILALANG UNIVERSITY! MR. CHEN, MR. AGONCILLO, MR. PARAS and MR. HAN."** Dagdag ni Freya-----*Last mo na yan!*

*Sa wakas!* Umalis na si Freya mula sa gitna.

Sandaling nag-warm up ang mga player pero kahit ganun, dama yung palitan ng matalim na tingin sa nagkabilang grupo.

Sumipol ang referee at nagpunta na sa ginta ang lahat. Sandali silang nag-usap at bumalik na bench yung ibang player. Naiwan yung tig-lima at pumwesto.

Pagbato ng bola, nagsimula na ang laro. Napatingin ako kay Felix na mahigpit ang hawak sa gym bag nya.

**"Felix..."** Tawag ko sa kanya. **"...ayos ka lang?"**

Umiling si Felix at umiwas ng tingin. Mukang nakakaramdam na naman sya ng inis sakin.

Binalik ko nalang yung tingin ko sa mga naglalaro pero hindi dun ang focus ko. Iniisip ko si Felix, kung anu yung pwedeng gawin sa kanya.

Malakas ang hiyawan kapag nagkaka-score ang magkabilang kampo at kahit nagkakagulo hindi nakaligtas sa paningin ko ang isang grupo ng kalalakihan na masama ang tingin sakin----samin.

**"UGH!"** Sigaw ng kung sino sa court.

Malakas na pito ng referee ang umagaw sa atensyon ng lahat. Bumagsak si Mykel at iniinda nya ang binti nya.

**"Foul yun!"** Sigaw ng kung sino.

**"Anong nangyari?"** Tanong ko kay Ci-N.

**"Tinisod sya nung No. 35, hindi kita kasi tatlo yung nag-babantay sa kanya."** Paliwanag nya.

Foul nga! Pero bakit wala akong narinig na galing sa referee? Nagkaka-dayaan na.

Hiniga nila si Mykel sa stretcher at dinala sa kung saan. Nagpasok ng panibagong player yung team ng school namin.

Bumalik na sa laro. Malaki ang lamang ng school namin. Hangang sa bigla nalang nagbalyahan yung tatlong player. Bagsak na naman yung player namin.

Parang nadulas na hindi maintindihan yung No. 14 ng kabilang team.

**"Injured na naman ata!"** Sabi ni Ci.

Hinintay namin ang mangyayari at tama nga sya. Sinakay na naman sa stretcher yung isang player namin.

*Bakit walang Foul?*

Parang maligaya pa yung kabilang team sa mga nangyayari. Sinasadya talaga nila to!

Nag-time out at sandaling nag-usap-usap yung mga player at couch.

**"Nagkakadayaan na! Wala tayong ibang pwedeng gawin kundi umiwas sa kanila!"** Sabi nung coach.

**"Hindi pwede! Matatalo kapag ganun!"** Kontra ni Kiko.

**"Wala tayong ipang-tatapat sa kanila!"** Dagdag nung coach.

Napatingin ako kay Felix. Meron syang hinahawakan sa loob ng gym bag nya. Sinilip ko yun ng hindi nya nahahalata at nakita ko yung jersey uniform na kapareho ng suot ng mga player.

*Hay! Bahala na! Para sayo to Felix!*

Agad akong tumayo at pilit lumapit sa coach ng team. Narinig ko pang tinawag ako nila Ci-N pero hindi ko sila pinansin.

**"Sino ka?!"** Galit na tanung sakin nug coach.

*Iniri ako! Hindi sinuka!*

**"Ipasok nyo si Felix!"** Suntok sa bwan kong sabi.

Pare-pareho silang nagtaka sa sinabi ko.

**"...kaya nyang tapatan yang mga yan!"** Dagdag ko.

**"Hoy! Bata! Bumalik ka nga sa lungga mo! Wag ka maki-alam dito!"** Galit na sita sakin nung coach.

**"Pakinggan mo ko! Matatalo kayo kung pipilitin nyong umiwas sa kanila! Mapapahamak naman kung ididikit silang pilit! Ipasok nyo si John Felix Collins, alam nya yung gagawin!"** Paliwanag ko.

Tinignan ko si Felix na labis na nagtataka sa ginagawa ko. Pagkakataon na nya, kahit hindi ako sigurado kung alam nga nya yung gagawin.

**"Si Collins?!"** Tanung nung coach at niligid ang tingin sa mga tao sa likod nya. Nagtagpo ang mata nila ni Felix at sinenyasan nya itong lumapit.

Kahit nagtataka ginawa naman yung ni Felix.

**"Kilala mo ba to?!"** Bungad ni Coach kay Felix sabay turo sakin.

**"O-opo!"** Sagot ni Felix.

**"Ipapasok kita sa laro pero kapag natalo kami ng dahil sayo! Kayong dalawa ang malalagot sakin!"** Sabi ni coach.

Natulala si Felix at parang hindi makapaniwala sa sinabi nung coach. Tinapik ko sya sa braso.

**"Pagkakataon mo na! Andyan yung mga representative ng mga university!"** Sabi ko at ngumiti.

Na-realize din nya yung nangyayari. Agad syang umalis para magbihis. Feeling ko na-excite sya dahil ang bilis niyang nabalik matapos magbihis.

**"Welcome back Collins!"** Bati nung mga ka-team sa kanya.

Sandali silang nag-usap sa gagawin at agad na tumakbo palapit sa mga kalaban pero mukang hindi sila masaya.

**"Bakit may additional Player kayo?!"** Galit na sabi nung No. 35 sa kabilang team.

**"Pinabagsak nyo yung mga player namin! Malamang kailangan namin ng kapalit!"** Sagot nila Kiko.

Tumingin pa sya sakin at nag-nod. Nag-smile naman ako bilang pasasalamat.

**"Hindi pwede yun! Wala naman sya sa mga player nyo kanina!"** Sabi nung No. 14.

Gagalitin ako nitong mga to! Bahagya akong lumapit sa kanila.

**"Wag kana mareklamo! Makipaglaban ka nalang! O ayaw mo kasi naduduwag ka kay Felix?!"** Sigaw ko at biglang naghiyawan ang mga tao na sumasang-ayon sakin.

**"Wag ka makialam dito!"** Galit na sita nung No. 35.

**"HOY! WAG MO SINISIGAWAN SI JAY! HINDI MO SYA KILALA! SYA LANG NAMAN NAGPABAGSAK KAY RAM!"** sigaw ni Ci-N dahilan para magbulong-bulungan yung mga tao.

Pinandilatan ko si Ci-N at agad naman syang hinawakan nila Kita at Eren. Tinakpan na rin ang bibig nya para matahimik.

*Ipapahamak pa ko!*

Kakaiba yung tingin sakin ng mga taga Lincoln High. Napilitan tuloy akong bumalik sa pwesto ko. Hindi na sila nagsalita kaya naman tinuloy na nila ang laban.

As usual, tinangka na naman ng kalaban na mangdaya pero mautak si Felix. Gumaganti sya ng hindi nakikita ng iba.

Hangang sa fourth quarter sya pa rin ang target nila. Buti nalang at mabait ang mga kateam nya dahil sumusuporta sila kung kailangan.

**"Nakangiti si Felix!"** Sabi nila Eren.

Pinagmasdan kong mabuti si Felix dahil dun. Nakangiti nga sya, ngiti na parang ang saya-saya nya. Bumalik na yung Felix na kilala ko. Yung Felix na laging nanghihingi ng pagkain sakin.

**"GO FELIX!"** sigaw ko.

**"COLLINS! PABAGSAKIN MO SILA!"** sabay-sabay na sigaw nila Ci-N.

Natapos ang laban, kahit may dayaan at muntik ng magka-initan natapos sa maayos na paraan ang laban.

*PANALO ANG HVIS!! SHARK SLAYER!! WOOOAAAAHHHH!!*

Lalapit na sana kami kay Felix pero meron syang kausap na apat na lalaki. Naka-polo shirt yung iba, samantalang naka-business attire naman yung iba.

Natapos yung usapan nila sa Shake Hands at agad na lumapit sakin si Felix. Niyakap nya ako at pina-ikot-ikot.

**"Thank you! Thank you! Jay! Thank you talaga!"** Paulit-ulit nyang sabi sakin.

**"H-hala... T-teka lang... Anu ba nangyari?!"**

**"May nag-offer ng full scholarship sakin sa University! Basta maglaro lang ako para sa kanila!"** Sigaw nya kaya pati sila Ci-N napahiyaw na rin.

Muli akong niyakap ni Felix ng mahigpit.

**"Salamat Jay! Si Aries ang dahilan ng paghihirap ko! Pero ikaw ang bumawi nun!"** Sabi nya at hinigpitan ang yakap sakin.

**"Baka gusto mong bitawan si Jay-jay?!"**

**Author's Note:** John Felix Collins.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 81

**Festival Day 2.5**

***Jay-jay's POV***

Ngayon lang ako nakakita ng Bulate Dance. Kung saan yung kamay at braso ay parang spagetti sa ere na kikibot-kibot.

**"Eto pa..."** Sabi ni Ci-N at bigla nalang gumiling-giling.

**"Anu yan?"** Tanung ko.

**"Bulateng nilagyan ng asin!"** Sagot nya at nagpatuloy.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Anong bang kinakain nito sa bahay at nagkakaganyan?

Nakita kong dumating si Rakki. Taka syang napatingin kay Ci-N!

*Welcome to the club!*

**"Anong nangyayari kay Ci-N?"** Bulong sakin ni Rakki.

**"Nagpapaka-bulate."** Sagot ko.

Hindi pa rin tumitigil ang Ci-N. Hinayaan muna namin sya. Enjoy na enjoy naman kasi sya sa pagkibot.

**"Bakit andito ka?"** Tanung ko kay Rakki.

**"Babatiin ko sana sya..."** Sabay turo kay Ci. **"...kayalang busy."**

Nag-chicken dance naman sya ngayon. Anu ba yan?

**"Ci-N! May bisita ka!"** Sigaw ko at tumigil naman ang luko.

Lumapad ang ngiti nya at agad na lumapit kay Rakki. Hinayaan ko muna silang mag-usap. Lumapit muna ko kila Calix na pinapractice ang steps ng sasayawin nila.

Pero nahiya agad ako ng makita si Mica na palapit sa kanya. Kaya eto naupo nalang ako sa sulok. Hindi naman ako yung sasayaw pero ako tong kinakabahan.

Nasa back stage kami ngayon kasama ng ibang kasali sa Dance troops. Nilibang ako ni Ci-N kanina kasi feeling ko alam nya na kinakabahan ako.

Yung iba nasa harap na at naghahanap ng pwesto. Napatingin ako kay Yuri na naka-cross arm at nakatitig sakin.

Bigla syang umiwas ng tingin. Nitong mga nagdaang araw ang sungit nya. Pati kanina nung nakayakap sakin si Felix.

Parang may kung anong sumapi sa kanya. Dati pa naman masungit sakin tong si Yuri pero nun yon nung bad boy pa sya. Nagbabago na din kasi sya after nung pumunta sya samin.

Speaking of Felix eto sya at tumatakbo palapit sakin. Bumalik na talaga yung nakilala kong Felix.

**"May gagawin ka sa sabado?"** Bungad nya sakin.

**"Wala... naman... siguro..."** Sabi ko habang nag-iisip.

Hindi kasi ako sure. Baka nga magkaroon ng hindi ko namamalayan.

**"Baka pwede kang sumama... Celebration kasi ng pagkapanalo namin sa basketball. Gusto sana namin na isama ka."** Paliwanag nya.

**"Namin?"**

**"Yung mga kateam ko. Ikaw daw kasi yung reason kaya nakabalik ako sa team."**

Napangiti naman ako dun sa sinabi nya. *Nahiya ako bigla.*

**"Sige sama ako... Sasabihan ko din sila----"**

**"Wag Jay. Hindi sila pwedeng magpunta don. Andun din si Aries tsaka yung iba. Baka magkaroon ng away."**

Eh bakit ganun? Gusto ko sana kasama sila Ci-N.

**"Bakit ikaw pupunta?"**

**"Kasi nga ka-*Team.*"**

Napakamot ako ng ulo. Anu ba yan?

**"Sige na nga..."** Pilit kong sagot.

Niyakap ulit ako ni Felix at kitang kita ko na na-alarma si Yuri. Yan na naman sya!

**"Salamat talaga Jay! Sobrang dami mo ng naitulong samin."** Sabi nya at binitiwan ako.

Naglakad na sya paalis. Babalik na siguro sya sa mga kasama namin. Pwede ring magpapatrol na. May 7pm na kasi.

Narinig naming may nagsalita sa mic kaya agad na kumiripas sila Ci-N para magsama-sama. Kami naman naglakad na pabalik sa mga ulupong na mukang ang daming naka-away dahil sa pag-reserve ng upuan.

**"Dito ka!"** Sabi sakin ni Edrix.

Umupo ako sa tabi nya at nasa harapan naman namin yung mga freshmen students. Mga mukang Totoy at Nene pa kasi, kaya freshmen ang tawag namin. Hindi nga namin alam kung anung year na tong mga to.

**"...Ang ating mga hurado para sa gabi na ito. Ang mga manunuod at ang Section na nagbigay buhay sa programang ito."** Sabi nung host na hindi ko naman naintindihan. **"Simulan natin ang paligsahan! Bunutan po ang mangyayari sa kung sino ang mauuna at ang susunod!"**

May lumapit na babae dun sa host. Meron syang hawak na fish bowl na may mga makulay na papel sa loob.

Natatawa ako sa babae, feeling nya kasi si Willy tong host at isa sya dun sa babaeng giling ng giling sa Wowowin.

*Kembot pa more!*

**"Ang unang grupo ay mula sa Section D. '*The Adventurous*'!"** Sabi nung host at lumabas ang mga taga-Section D.

Nakita ko pa yung naka-away ko dati. Buhay pa pala sya?! Buti naman.

Nagsimula ang tugtog at sumayaw ang grupo. Meron pang tumatabling sa ere. Tunog ng baril at kung anu-anu pa.

*Kingina! Ang sakit sa ulo!*

Natapos ang pagsayaw nila. Lumabas ulit ang host at tinanung ang mga judges sa mga opinion nila.

*Subukan nyong sabihi'g maganda! Kingina! Magwawala ako dito!*

Buti nalang at walang nagsabi sa kanila. Sumasakit talaga ulo ko sa music nila. Idamay pa yung ilaw na patay sindi.

Muling bubunot ang host at eto na naman yung babaeng feeling sexbomb dancer.

*Giling lang! Giling!*

**"Ang sunod na grupo mula sa Section A. '*Hotmen*'!"** Sabi nung host at lumabas ang mga Section A.

Kasali si Kiko pero mukang wala si Mykel dahil siguro sa injured nya kanina. Sana naman hindi ganun kalala. Sabi kasi umiiyak daw sa sakit si Mykel kanina.

Nagsimula yung tugtog at nagpakitang gilas ang mga A. Maayos ang remix ng music at ang pagsabay ng ilaw. Yun nga lang, merong halatang hindi umattend ng practice.

Natapos ang performance nila at lumapit ang host. Kinausap ulit ang judges. Pero ang hinihintay ko yung bunutan. Bet ko talaga si Ate'ng kembot ng kembot.

Natapos ang usapan at... *Ayan na!* Bubunot na ulit. Lumabas si Babae at ayun, nagtambling, split at pagtayo sabay taas ng isang paa sa ere.

*Meron akong nakita. Pero hindi ko yata dapat nakita 'yon.*

**"Para sa ikatlong grupo, galing sa Section C. '*The Amazing C*'!"**

Kagaya ng mga nauna lumabas ang Section C at sandaling kinausap ng host. Parang ang tagal ng Section namin.

Tinignan ko yung oras sa malaking digital clock sa tabi ng stage. 9:38pm na, malapit na kaming dumuty.

Nagsimula na naman ang panibagong music. Pero iba ang banat ng section na to. *Ballroom!*

Pwede! Pwede! Magaling tong Section C. Hindi na kailangan ng bongang Remix at kaartihan.

Natapos ang sayaw at lumapit na naman si host. Tagal naman ng bunutan! Mas na-entertain pa ko sa babaeng may hawak na fishbowl.

Maya-maya lumabas na yung hinihintay ko. Giling na naman sya, at ayun tinaas na naman ang paa.

*Wala nakita ngayon. Buti na lang.*

**"Ang pang-apat na grupo, ipinagmamalaki ng Section E. '*Jay's Warrior*'!"**

*Ay punyemas!*

Tinignan ko ng masama yung nga katabi ko. Agad silang umiwas ng tingin. Mga animal! Gamitin daw ba ang pangalan ko! *Mga hayop!*

**"Sinong naka-isip nyan?!"** Galit na tanung ko kila Edrix.

**"S-si... Si Ci-N at Keifer."** Sagot nya sakin at pilit iniiwas ang tingin.

Hinanap ko yung Hari ng mga ulupong. Hindi naman ako nabigo dahil malapit lang sya sakin. Naka-smirk sya at tila nang-aasar pa.

Inirapan ko sya at binalik yung tingin sa harap. Nagsimula na yung kanta, simple lang yung ginamit nilang tugtog. Hindi remix, at wala ring paiba-iba ng ilaw.

Si David at Calix ang nasa likod dahil sila yung pinaka-malaki. Si Eren at Kit yung nasa magkabilang gilid ni Ci-N.

Pati step simple lang din pero tinitilian pa rin sila.

**"Go! Jay's Warrior!"** Sigaw ng mga ulupong sa likod ko.

*Ay ang galing nyo dyan!*

Gustuhin ko mang mag-cheer hindi ko magawa. Nakakagago yung pinangalan nila sa grupo. Siguro sinadya to ni Keifer. Kingina nya! Yan na naman sya.

Natapos ang pagsayaw ni Ci-N at muling lumapit si Host. Nanghingi sila ng opinion sa mga hurado.

Matapos ang usapan nila, tumakbo kaming lahat papunta sa back stage. Kayalang hindi kami pinapasok kaya sila Ci-N nalang ang lumapit samin.

**"Galing ko no?!"** Pagyayabang ni Ci-N.

**"Sana ginawa mo yung Bulate Dance!"** Pang-aasar ko sa kanya.

**"Ayoko gagayahin nila."**

Nagtawanan namin kami at sandaling pinakinggan ang usapan nila Mica at Calix. Ang saya kasi nila pagmasdan.

**"Ang galing mo, Baby ko!"** Sabi ni Mica habang nakahawak sa kamay ni Calix.

**"Nakita kita kanina!"** Sagot ni Calix.

Tumingin ako sa may paanan ko. Baka kasi may langgam kagatin ako. Kahiya sa kasweetan nitong dalawa.

Natapos yung tugtugin at performance ng huling grupo. Nag-aanounce na yung host.

**"Ang mananalo sa contest na to ay makakakuha ng mga bagong gamit para sa kanilang room! Pero hindi natin ngayon i-aannounce ang mananalo!"** Sabi nung host.

Bakit hindi ngayon?

**"Bakit hindi pa ngayon?"** Tanung ko.

**"...Sa Friday natin malalaman ang lahat ng mananalo!"** Sabi nung host.

Nagtinginan kami nung mga ulupong. Isasabay sa araw ng pacontest ng Mr. Ganda at Ms. Pogi.

**"Baka gusto nyo ng bumalik sa room?!"** Sigaw ni Keifer.

**"Ha? Bakit anung oras naba?"** Tanung ni Edrix at tinignan ang oras.

Pati ako nakitingin na. 10:56pm na pala, malapit na kami dumuty. Agad kaming tumakbo pabalik sa room at hindi na hinintay yung sasabihin nung host.

Kinuna na namin yung mga flash light. Nakipagkita na kami sa mga papalitan namin. Buti nalang at umabot kami. Nalibang kami sa sayawan nila Ci-N. Ang bilis ng oras.

**"Second day down... Three days to go."**

**Author's Note:** Rakki San Diego.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 82

**Festival Day 3**

***Jay-jay's POV***

*Excited much! Ahihihihi...*

Tutugtog na kasi sila Keifer, at yung nirequest kong Secret ng One Republic lang naman ang tutugtugin nila.

Kaya eto ako paka-abang. Naka-ready na rin yung phone ko. Kukuhanan ko sila ng video.

**"Ako kukuha!"** Presinta ni Ci-N.

Binigay ko naman sa kanya yung phone ko.

**"Ang tagal ata magsimula..."** Sabi ni David at tinignan ang oras.

Totoo! Sabi 5pm ang simula ng battle of the band pero 5:27pm na. Biglang may lumabas na lalaki sa stage at may hawak na mic. Mukang sya yung host para sa contest na to.

**"ETO NA! ETO NA! ETO NA! ANG HINIHINTAY NG LAHAT!"** sigaw nung lalaki na halos pumiyok na. Anu yun?

*Sakit sa tenga!*

**"...ANG ULTIMATE BATTLE OF THE BAND!! PERO BAGO YUN, AKO NGA PALA SI RnC!"** Pakilala nung host.

Pero wala akong paki sa kanya kasi ang gusto ko yung mismong laban na. Sandali pang nag-speech ang luko.

**"SIMULAN NA NATIN ANG LABAN!!!"** sigaw na naman nya na sinabayan naming lahat.

Parang mas gusto ko yung host kahapon, kasama yung babaeng may hawak na fishbowl.

First come first performance ang basis nila. Pangalawa na kaming dumating kaya pangalawa mag-perform sila Keifer.

Ayos yun, para hindi kami malate sa duty namin. Tutal friday pa naman malalaman kung sino yung mananalo. Nakaka-kaba tuloy!

**"ANG UNANG MAGKAKALAT NG LAGIM AY ANG SECTION C! RAKKI 'N ROLLER!"** sigaw ulit nung Host.

Hindi ba nagsasawa sa kakasigaw to? Ako yung nasasaktan sa ginagawa nya.

Lumabas ang Section C at si Rakki pala ang vocalist nila. Kaya siguro Rakki 'N Roller ang pangalan ng grupo.

Isang tagalog at english song ang kakantahin nila. Bahala yung banda kung alin ang mauuna.

**"Anung kakantahin nila Keifer?"** Tanung ng kung sino.

Napa-iktad ako, ang hina kasi ng boses at parang nangongonsensya. Si Josh pala, yung classmate naming may third eye daw.

**"S-secret ng one republic yung english. Hindi ko sure yung tagalog."** Sagot ko.

Nakakatakot sya. Minsan nalang kasi magsalita tapos ganyan pa. Binalik ko nalang yung tingin ko sa harap at hinintay na matapos ang Section C.

Maganda naman yung tinugtog at kinanta nila. Pero parang hindi bagay kay Rakki. Natapos silang kumanta at lumabas ulit yung host.

**"MAGANDA! MAGANDA YUNG VOCALIST!"** Sabi nung Host at nagulat nalang kami ng biglang tumakbo si Ci-N at akmang aakyat ng stage pero hinawakan agad sya nila David at Calix.

*Hala!*

**"AKIN LANG YUNG VOCALIST!"** sigaw ni Ci-N.

Kahit nagulat hinayaan nalang nung Host. Adik din kasi tong si Ci-N bigla-bigla nalang nagwawala.

**"ILABAS NA NATIN ANG SUNOD NA MAGPAPAKITANG GILAS.... SECTION E! THE ONLY ONE!"** As usual, labas tonsil na sigaw nung host.

Lumabas sila Keifer at----*Wow!* Naka-business attire ang mga mokong. Kompleto, pati ayos ng buhok at sapatos.

Ang gwapo ni Kei----Nila! Nilang lahat. Oo, gwapo nilang lahat.

Ang angas din ng dating ni Yuri. Lakas maka-business man!

Pumwesto na sila at nagsimulang tumugtog. Mukang OPM muna ang tutugtugin nila.

https://youtu.be/RdXUIaJFSzI

"***Kung ang iyong problema, ay ang iyong muka.***
***Wag ng mag-alala pagka't andito na.***
***Ang sagot sa lahat ng problema mo sa mga babae.***
***Ang gamot sa lahat ng pagkakabigo ng mga lalaki...***"

"***...Nandito na ang Papa, Papa Cologne.***
***Nandito na ang Papa, Papa Cologne.***"

Kaya pala ganun ang mga itsura nila! Ayos din tong mga ulupong na to. Yun lang ang pangit ng pangalan ng banda nila. *The Only One?*

**"*Mag-aamoy mayaman, kahit na pagpawisan.*
*Hindi na mahihirapan, diretso ng kanto.*
*Kung saan may tindahang mapagbibilhan nitong produkto.*
*Siguradong Patok (at wala kang putok), garantisado...*"**

**"*...Gumamit na ng Papa, Papa Cologne.*
*Gumamit na ng Papa, Papa, Papa Cologne.*"**

Para silang Salesman. Pero kung dun nga ang bagsak nitong mga to, ay maraming bibili. Sold out pa!

**"*Kung ang iyong problema, ay ang iyong muka.*
*Wag ng mag-alala pagka't andito na.*
*Ang sagot sa lahat ng problema mo sa mga babae.*
*Ang gamot sa lahat ng pagkakabigo ng mga lalaki...*"**

**"*...Gumamit na ng Papa, Papa Cologne.*
*Gumamit na ng Papa, Papa Cologne.*
*Gumamit na ng Papa, Papa, Papa Cologne.*
*Gumamit na ng Papa..... Papa Cologne.*"**

Malakas na palakpakan ang natanggap nila. Diba? Lakas makapogi ng kanta nila.

**"GO! Section E!"** Sigaw namin.

Sandaling hinubad ni Keifer ang coat nya. Tinaas din nya yung sleeves nya at tinanggal yung necktie. Binuksan na rin yung mga tatlong bitones ng polo nya.

Kilig na kilig naman yung mga babae sa harapan. *Mga haliparot!*

Nagpalit din ng instrument si Felix, biglang humawak ng violin. *Yehey!* Tutugtugin na nila yung request ko.

https://youtu.be/qHm9MG9xw1o

***"I need another story***
***Something to get off my chest***
***My life gets kinda boring***
***Need something that i can confess***
***'Til all my sleeves are stained red***
***From all the truth that I've said***
***Come by it honestly I swear***
***Thought you saw me wink, no***
***I've been on the brink, so..."***

Ang lakas maka-gwapo ng marunong kumanta oh. Yung dama mong feel din nya rin yung kanta. Nainggit ako bigla, gusto ko din ng magandang boses.

***"...Tell me what you want to hear***
***Something that will light those ears***
***Sick of all the insincere***
***So I'm gonna give all my secret away."***

Nakatitig lang ako kay Keifer. Ang swerte siguro ng magiging girlfriend nya. Kung ako kay Ella hindi ko na sya binitawan. Gwapo, may muscle, matalino, mayaman din ata at may talent sa pagkanta----*Saan kapa?*

***"...This time don't need another perfect lie***
***Don't care if critics ever jump in line***
***I'm gonna give all my secret away"***

Sarap pala pakinggan ng boses nya. Todo bigay talaga sya. Ipinikit ko yung mata ko at pinakinggang mabuti yung kanta. Parang kaharap ko lang sya at ako yung kinakantahan nya.

***"My god, amazing how get this far***
***It's like were chasing all those stars***
***Who's driving shiny big black cars***
***And everyday I see the news***
***All the problem that we could solve***
***And when a situation rises***
***Just write into an album***

***Send it straight to gold***
***But I don't really like my flow, no, so...*"**

Pagdilat ng mata ko, nagulat ako na nakatingin din pala sya sakin. Bigla nalang sya ngumiti. At parang may sariling isip yung labi ko na naki-ngiti na rin sa kanya.

**"*...Tell me what you want to hear***
***Something that will light those ears***
***Sick of all the insincere***
***So I'm gonna give all my secret away*."**

Lalong nag-enjoy si Keifer sa ginagawa nya. Pati kami naki-kanta at nakisigaw na rin.

**"*...This time don't need another perfect lie***
***Don't care if critics ever jump in line***
***I'm gonna give all my secret away.*"**

Meron akong biglang narealize. Napakagat ako sa ibabang labi ko. May nangyayari sakin at hindi ako sigurado kung gusto ko to.

**"*Ooh, got no reason, got no shame***
***Got no family I can blame***
***Just don't let me disappear***
***I'ma tell you everything...*"**

Napahinto ako bigla. Normal paba to? Normal paba yung ganitong pakiramdam kay Keifer? Hindi naman to ganito nung nakaraan. Hindi ko na maalis yung tingin ko sa kanya.

**"*...So tell me what you want to hear***
***Something that will light those ears***
***Sick of all the insincere***
***So i'm gonna give all my secret away...***

***...This time don't need another perfect lie***
***Don't care if critics ever jump in line***

***I'm gonna give all my secret away...***

***...So tell me what you want to hear***
***Something that will light those ears***
***Sick of all the insincere***
***So i'm gonna give all my secret away...***

***...This time don't need another perfect lie***
***Don't care if critics ever jump in line***
***I'm gonna give all my secret away***
***all my secret away, all my secret away.*"**

Natapos ang performance nila at agad na nagpuntahan ang mga luko sa back stage. Napasunod naman ako sa kanila.

Hindi din sila pinapasok kaya hinintay nalang nilang makalapit sila Keifer samin. Hindi naman sila nabigo dahil agad na lumapit sila samin ng makita kami.

**"Ang galing! Pre ikaw na!"** Bati nila kay Keifer.

Nag-oobserba lang ako sa kanila. Ayoko lumapit.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri at lumapit sya. **"...nagustuhan mo?"**

**"Oo.."** *at parang hindi lang performance yung nagustuhan ko.*

Binalik ko yung tingin ko sa mga luko. Nagsalubong yung tingin namin ni Keifer kaya agad akong umiwas.

*Yung puso ko, nagmamadali!*

**"Ikaw daw yung nag-request nung kanta?"** Tanung sakin ni Yuri.

Ngumiti naman ako at nag-nod. **"Narinig ko kasi nung nakaraan sa radyo."**

Sandali pa kaming nag-usap hangang sa hindi ko namalayan na lumapit pala samin si Keifer.

**"Tinugtog na namin yung request mo. Wala man lang bang thank you?"** Tanung nya sakin.

*Ay jusme!*

Tumingin ako sa likod nya. Hindi ko kayang tignan sya sa mata. Grabe kasi! Feeling ng puso ko may deadline syang hinahabol sa pagtibok.

**"T-thank you..."** Sabi ko at sa likod pa rin nya ko nakatingin.

Lumingon din sya sa likod nya. **"Sinong pinasa-salamatan mo dyan?"**

Hindi ako sumagot. Nagulat nalang ako ng bigla nyang ilapit yung muka nya sa muka ko.

Hindi ako nakagalaw, parang may sumakal sakin at pinahihirapan ako sa paghinga.

**"Eto ako oh!"** Sabi nya.

**"O-oo nga... S-sabi ko nga."** Sagot ko sa kanya.

Pero hindi pa rin nya nilalayo ang muka nya sakin. Ang init ng muka ko, pakiramdam ko kapag nagtagal pa ko mamatay na ko.

Bakit ba ganito? Hindi dapat ganito.

*May... May gusto na ba ko sa kanya?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 83

**Festival Day 3.5**

***Jay-jay's POV***

**"Okay.. Kagaya kahapon, tara na!"** Sabi ni Keifer at akmang lalakad papunta sa building ng third year.

**"Teka lang..."** Pigil ko sa kanila sabay iwas ng tingin.

*Hindi ako makatingin sa kanya!*

**"Anu na naman?!"** Inis nyang tanong.

**"Palit-palit naman tayo ng partner."** Suggestion ko.

**"Bakit?"** Tanung ni Yuri.

Wag kana magtanung! Um-oo kana lang.

**"W-wala lang... para maiba lang."** Sagot ko.

Napatingin ako kay Keifer pero agad ko ding binawi yun ng makitang nakatingin sya sakin.

*Titingin pa...*

**"Maiba taya nalang ulit."** Suggestion ni Ci-N.

Pinwesto namin yung kamay namin. This time kasama na si David.

**"Maiba... Taya!"** Sigaw namin.

Si David at Ci-N ang naiba agad. Sila ngayon ang partner. Pumwesto ulit kami.

**"Maiba... Taya!"** Sigaw namin.

Si Yuri ang naiba. Bakit pakiramdam ko sya na naman ang partner ko? Pumwesto sila ulit pero hindi ko na nilagay ang kamay ko.

Humawak ako sa braso ni Yuri. **"Partner kami!"** Sigaw ko at agad na hinatak si Yuri. **"...Sa first year kami."**

**"Hoy!"** Sigaw nila sakin pero hindi ko sila pinansin.

Tuloy ako sa paghatak kay Yuri na halatang walang alam sa nangyayari.

Nakarating kami sa First Year building at binitawan ko si Yuri. Huminga ako ng malalim.

**"Ayos ka lang ba Jay?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Oo.. Sorry ah? Ikaw kasi yung malapit sakin kaya ikaw yung nahatak ko."** Paliwanag ko.

**"Okay lang... Pwede kang magsabi sakin kung may problema."** Sabi nya.

Pinaglaruan ko yung flashlight na hawak ko. Nahihiya kasi akong magsabi sa kanya.

*Unfair!*

Pinakiki-alaman ko problema nila pero problema ko hindi ko masabi sa iba. Hindi naman siguro masama kung magsabi ako kay Yuri kahit konti.

Nakarating kami sa second floor.

**"Yuri.."** tawag ko sa kanya. **"...Alam mo yung feeling ng parang nagkaka-gusto ka sa isang tao kahit ayaw mo?"**

**"O-oo naman..."** Sagot nya.

**"Anong pwedeng gawin sa ganun?"**

**"What do you mean sa pwedeng gawin?"** Taka nyang tanung.

**"I mean, para maiwasan or hindi matuluyang ma-fall."**

Napahinto si Yuri. **"Bakit iiwasan? Jay... You can never stop falling into someone."** Seryoso nyang sagot.

**"Why?"**

**"No one can control feelings."**

**"Linawin mo..."** Utos ko sa kanya.

**"Jay... Maf-fall kung maf-fall. Feelings yan, hindi mo pwedeng diktahan."**

**"Bakit hindi? Ayoko... Ayoko nun."** Pagmamaktol ko.

**"Bakit ba ayaw mo sa kanya?"**

**"Kasi gago sya, animal, kumag, malakas ang saltik, may sapi, Hari ng ulupo----"**

**"So... Tungkol pala sayo yung tinatanung mo?"** Tanung nya at nag-smirked.

*Ay nadulas!*

**"H-hindi... A-anu yun..."** Pagtanggi ko pero mukang hindi naman nya ko papaniwalaan.

**"Sino naman yung malas na lalaking nagustuhan mo?"** Pang-aasar nya.

**"Ako nga yung malas at nagkagusto sa kanya... At hindi ko pa sya gusto! Naguguluhan pa ko."** Paliwanag ko.

Biglang tumawa si Yuri. **"Hindi ka naguguluhan. Tinatanggi mo lang."**

**"Hindi nga! Naguguluhan pa nga!"**

**"Bakit naman?"**

**"Naiinis nga kasi ako sa kanya! Abnormal sya, nakikita mo naman yung ginagawa sakin nung Keifer na yun!"** Inis na sagot ko.

**"Si Keifer yung tinutukoy mo?!"** Gulat nyang tanung.

Nanlaki yung mata ko. Late ko na na-realize na nasabi ko pala yung pangalan nya.

Tinakpan ko agad yung bibig ni Yuri. **"Wag mo sasabihin sa kanya."**

Tinabig na pilit ni Yuri yung kamay ko at pilit lumayo pero hindi ako pumayag at halos lamutakin ko na yung bibig nya.

**"T-teka lang... Aw! S-stop!"** Sigaw nya.

Hindi pa rin ako tumigil.

**"Wag mo kasing sasabihin sa kanya! Mag-promise ka!"** Sigaw ko.

**"Aw! S-stop! P-please!"**

**"Mag-promise ka! Wag mo sasabihin!"**

Hinawakan ni Yuri ang magkaparehong kamay ko.

**"H-hindi ko sasabihin... Tigilan mo lang yung bibig ko."** Paki-usap nya.

Binawi ko na yung kamay ko sa kanya at bumalik kami sa paglalakad.

Nakarating na kami ng third floor ng hindi namin namamalayan.

**"Promise mo yan ah?"** Tanung ko sa kanya.

**"Oo... I promise."** Sabi nya at tinaas pa yung isang kamay.

Ngumiti naman ako sa kanya. Tapos na kami sa building ng first year kaya pupunta na kami sa mga booths at stall.

**"Tara na.."** aya ko kay Yuri.

Ang bagal nya kasi maglakad. Parang bigla nalang pinasan yung bahay nila.

*Pagong na sya ngayon!*

**"Excited ka lang makita si Keifer eh..."** pang-aasar nya.

Tinignan ko sya ng masama. Binagalan ko na rin yung lakad ko at sinabayan pa sya.

**"Maya na tayo pumunta."** Sabi ko at sumibangot.

Bahagya nya kong binunggo ng braso nya.

**"Ayyyiiieeeehhh!!!..."** Sabi nya.

Agad ko syang hinampas sa braso. Lakas mang-inis nito. Feeling ko hindi nya ko titigilan ng pang-aasar.

**"Tigilan mo nga yan!"** Sabi ko pero tinawanan lang nya ko.

**"Keifer and Jay-jay... Kei'jay o Jay'fer."** Sabi nya habang minumwestra sa kamay.

Napakamot ako sa ulo. Pagsamahin daw ba pangalan namin. Anu kami? Love Team sa TV? Pang-artista lang yung peg.

**"Wag nga..."** Naiinis na sabi ko.

**"Bakit? Cute nga eh."**

Hinampas ko ulit sya ng malakas. Nakakagago na kasi!

**"Ayyyiiieehhh... Keifer."** Pang-aasar na naman nya.

Dapat yata hindi ko na sinabi. Ang lakas ding mang-inis nitong talipandas na to. Sabagay hindi ko naman sinasadyang sabihin.

**"Bilisan na nga natin. Alam kong excited kanang makita sya."** Dagdag pa nya bago ngumiti ng nakakaloko.

**"Yuriii!!"** Inis na banggit ko sa pangalan nya.

Pero ang walang hiya, tinawanan na naman ako.

Nakarating kami sa mga stall at booths pero wala naman sila don kaya hinintay nalang muna namin. Naupo kami sa bench.

**"Panu kung gusto ka rin ni Keifer?"** Biglang sabi ni Yuri.

*Tss. Imposible!*

**"Malabong mangyari yan."** Sagot ko.

**"Why?"**

*Dahil si Ella pa rin at ayokong umasa.*

**"Basta! Wag natin pag-usapan yung mga ganyan."**

Narinig ko syang nag-buntong hininga. Tumingin ako sa kanya at napansin kong nakatingala sya.

Hindi ko alam kung ako lang ba pero parang malungkot yung mga mata ni Yuri.

**"Ikaw Yuri... Wala kang nagugustuhang iba? Bukod kay Ella."** Pag-iiba ko sa usapan.

Lumipat ang tingin nya sakin. **"Meron..."**

**"Sino?"**

**"Hindi ko pa pwedeng sabihin."** Sagot nya sakin at ngumiti.

*Ay pa-thrill!*

**"Ganun? Swerte nya kung sino man sya."**

**"Bakit naman?"** Taka nyang tanung sakin.

**"Kasi si Yuri Hanamitchi ka at marami ka ding kayang gawin."** Sagot ko sa kanya habang nakangiti.

**"Mas maswerte ako kapag nagustuhan nya ko."**

**"Bakit?"**

**"Because she's one of a kind."** Mabilis nyang sagot.

Sakin pa rin nakapako yung tingin nya. Kung assumera lang ako, iisipin ko na ako yung tinutukoy nya. Pero syempre imposible yun.

Tumingala ako para tignan yung langit. Ang daming star!

**"Ang ganda nung langit."** Sabi ko.

**"Maganda talaga..."** Sabi ni Yuri.

*Huh?*

Napatingin ako sa kanya. Nakatingala na rin sya at nakikitingin ng star.

Namali yata ako ng tingin. Para kasing sakin sya nakatingin nung nagsalita sya kanina, pero hindi rin siguro.

Dumating na sila Ci-N at agad syang lumapit sakin.

**"Bakit ang tagal nyo?"** Bungad ko sa kanila.

**"May mga room kasi na nakabukas, sinara pa namin."** Sagot sakin ni Eren.

Sandali kaming nag-usap tungkol sa mga nakita namin at mga pinuntahan.

Bumalik na kami sa main building para makipag-palit. 3am na ng madaling araw, mamayang 8am uuwi kami para maligo at kumain na rin.

Pagbalik sa room humiga na agad ako sa pwesto ko. Sa gitna nilang lahat, ayaw kasi nila Yuri at Keifer na tumabi ako kahit kanino. Babae pa rin daw kasi ako.

Kaya ako ngayon ang tuldok sa gitna ng letter O.

**"Good night Jay!"** Bati sakin ni Ci-N.

**"Good night din!"** Balik kong bati.

Nakatulog agad ako dala na rin siguro ng pagod.

Dalawang oras palang siguro ang tulog ko ng may magising ako sa hindi ko maintindihan na dahilan.

Umikot ako ng pwesto at kahit madalim napansin kong may naglakad palabas ng pinto. Kinabahan ako, baka kasi pinag-nakawan na kami ng hindi namin alam.

Bumangon ako at kinusot yung mata ko. Tinignan ko yung mga gamit namin, muka namang walang nagalaw. Pero merong wala sa higaan nila.

Wala din si Yuri at Keifer. Tumayo ako at lumabas, pilit kong tinignan yung paligid. Nagbabakasali na nasa malapit lang sila.

Dahil sobrang dilim at tanging buwan lang ang ilaw, naisip kong bumalik nalang sa room. Hangang sa may narinig akong boses ng dalawang taong nag-uusap.

Nasa malapit lang yun at feeling ko sa gilid lang ng room. Kung wala sila Keifer at Yuri, pwedeng sila yun.

*Hala! Yung usapan namin!*

Baka sabihin ni Yuri yung pinag-usapan namin! Dahan-dahan akong naglakad papunta sa gilid.

Wala na kong naririnig na boses pero alam kong andun pa rin sila. Hangang sa makalapit ako at masilip sila ng maayos.

Yun nga lang hindi ko inaasahan yung makikita ko. Si Yuri at Keifer ang unang pumasok sa isip ko pero hindi pala sila. Buti sana kung multo nalang tong nakikita ko ngayon.

*Pero higit pa to sa multo!*

Ngayon lang ako nakakita ng ganito sa tanang buhay ko! Hindi ko maiwasang hindi mabigla. Ang masama pa, mga kakilala ko pa ang gumagawa sa harap ko.

Naghahalikan sila. . . . . .

Kahit mga lalaki sila. . . .

**Author's Note:** Ang bruhang si Freya Hidalgo.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉

OceanofPDF.com

# Chapter 84

**Festival Days 4**

***Jay-jay's POV***

Daig ko pa adik sa kalagayan ko ngayon. Hindi na ko pinatulog ng eksenang nadatnan ko. Sakit tuloy ng ulo ko.

**"Jay! Nakikinig kaba?"** Tanung sakin nila Eman.

**"Ha?"**

**"Ay naku! Sabi ko lumakad ka, titignan namin!"** Inis na sabi ni Eman.

Tumayo naman ako at naglakad kahit hindi ko naman naiintindihan kung bakit.

**"Pwede na yan... Lakad lalaki naman si Jay-jay."** Sabi ni Kit.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. *Impakto!* Kelan pa ko naging lakad lalaki?

**"Daig mo pa nga kami sa paglalakad."** Pang-aasar pa ni Kit.

**"Gago!"**

**"Totoo yun, para kang siga**." Dagdag ni Eren.

Mga lintik na to! Anu nalang itsura ko kung siga nga ako maglakad? Inirapan ko nalang sila at muling naupo.

Nasa mall kami ngayon, kami na kasi ni Ci-N ang lalaban para bukas kaya namimili na kami ng gagamitin. Buti nalang pinahiram sakin ni Kuya Angelo yung Credit Card nya.

Si Eman, Eren, Kit at Josh ang kasama ko ngayon. Sila daw kasi ang pipili ng susuotin ko para mamaya. Si Ci-N hinihintay pang matapos ang laban ni Rakki, dun daw sya papatulong.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Josh.

Halos mapa-iktad ako sa gulat sa kanya. Napaka-hina talaga ng boses nya. Hindi ko alam kung bumubulong sya o naninigaw na.

**"B-bakit?"**

**"Pwede mo ba kong samahan?"** Sabi nya sabay turo sa isang ice cream store.

Gusto ko sanang tumanggi kasi ang dami namin tapos sakin sya nagpapasama, kayalang nakakahiya.

Tumayo nalang ako at nag-nod sa kanya. Naglakad na kami papunta sa ice cream store.

Pagdating dun, merong pila. *Ugh! Nakakainip!* Napilitan akong makipila kasama ni Josh.

**"Anong nakita mo kagabi?"** Biglang tanung nya sakin.

*Hm?*

**"...Alam kong may nakita ka kagabi?"** Dagdag nya.

Wala naman akong nakitang multo kagabi. Higit pa sa multo yung nakita ko.

**"W-wala naman."** Sagot ko.

**"Tao yung tinutukoy ko, hindi multo."** Paglilinaw nya.

*Sasabihin ko ba?*

**"Panu mo naman nasabi na may nakita ako?"**

Oo nga... Hindi kaya sya yun nakita ko? Ang problema kasi, hindi ko nakita ng maayos yung mga pgmumuka nila. Basta alam ko lang lalaki sila.

*Baka si Yuri at Keifer yun!*

Aaarrgghhhh!!! Hindi! Hindi sila yun! Sure ako!

**"Dahil nakita ko din."** Mabilis nyang sagot.

**"Kilala mo ba kung sino yung mga yun?"**

Umiling sya. **"Wala na kong balak alamin kung sino sila, pero ang sakin lang... Wag mo na sanang ungkatin kung sino sila."**

**"Bakit naman?"**

**"Jay... Tinatago nila yung kung anu mang meron sila. Kapag nakarating kila Keifer na may kaklase tayong bakla anu sa tingin mong gagawin nila?"** Tanung nya na nagpa-isip sakin.

Tama naman sya don. Baka maghurumintado nga sila Keifer. Siguro, sa pagkakataon na to hindi na ko dapat maki-alam.

Tumahimik ako at ganun din sya. Nakarating si Josh sa unahan at nakapamili na sya. Pati ako binibigyan pero wala akong gana.

**"Tara! dun tayo sa men's department."** Aya nila.

Nauna silang maglakad. Nasa hulihan lang ako at nag-iisip. Tungkol pa rin syempre sa sinabi ni Josh.

Pagdating namin sa men's department, kanya-kanya sila ng tingin at hanap. Kayalang walang magustuhan ang mga mokong. Muntik pa silang mag-away-away.

*Sana pala pinasama ko si David o kaya si Yuri.*

Hindi kasi pwede si David. Kasama nya yung girlfriend nya, si Yuri naman may laban mamaya kaya naghahanda na.

Napilitan kaming magpunta sa isang butique. Sabi ni Eman, kapatid daw ni Blaster----classmate namin----ang may-ari nito.

**"Good Morning boys!"** Bati nung babaeng mukang supermodel.

**"Hi Ate!"** Balik na bati naman ng mga kasama ko.

Pinaliwanag nilang lahat kung bakit kami andito. Sinabi na rin nila yung tungkol sa contest. Lumapit sakin yung babaeng supermodel ang dating.

**"Jay-jay tama?"** Tanung nya at inakbayan ako.

Nag-nod naman ako bilang sagot.

**"Ako Ate ni Blaster... Sana hindi sya naging sakit sa ulo sayo."**

Bahagya akong tumawa. Ang totoo, hindi ko maalala kung sino si Blaster. Hindi ako sure kung sya yung naka-away ko dahil lang sa hindi ko nabigyan ng pagkain.

Anu ba yan? Ilang buwan na kaming magkakasama pero hindi ko pa rin maalala mga pangalan nila.

**"Tara... Tutulungan kita mamili ng damit."** Sabi nya at hinatak ako papunta sa fitting room.

Hala! Hindi muna ko hinayaang kumuha ng damit. Pagpasok sa loob, kung ano-anong damit ang binigay nya sakin para isukat.

Kung hindi lang ako nahihiya tatanggihan ko na sana sya.

**"Pagkatapos mo isukat labas ka ah?"** Sabi nya.

Sinimulan ko nang magpalit, bahala na kung panu isuot. Inuna ko yung pinaka-common na sinusuot ng mga lalaki. Polo shirt at t-shirt sa loob, namili din ako ng cap.

Matapos suotin lumabas ako kagaya ng utos ng Ate ni Blaster. Naka-upo sa mahabang sofa ang mga luko.

**"Wow! That's my tomboy lang ang peg!"** Sabi ni Eren at pumalakpak.

**"Wag yan... Hanap ka iba."** Utos ni Kit.

Bumalik ako sa loob at nagpalit ng damit. Kada palit ko ay lalabas ako para ipakita sa kanila. Nakakalimang palit na yata ako pero iisang damit pa lang ang approve sa kanila.

Tapos na kong magpalit ng pang-anim na damit, paglabas ko napahinto ako dahil sa lalaking nakatayo sa harap ng pinto ng fitting room.

**"Anong ginagawa mo dito?"** Tanung ko sa kanya.

*Wag titingin sa mata!*

**"Tumawag sakin si Kit at sinabing nahihirapan daw kayong mamili ng damit."** Sagot sakin ni Keifer.

Oo... Yung Hari ng mga ulupong. Naka-cross arm pa sya habang tinitignan ako mula hulo hangang paa.

**"...may talent ka na bang hinanda? How about your saying or beliefs?"** Tanung nya.

**"Okay na yun... Tinulungan ako ni Ci-N."** Sagot ko.

Pagkatapos kasi nung sayawan nung martes, tinanung ako ni Ci kung may talent na daw akong hinanda. Sinabi kong wala kaya nagprisinta syang tulungan ako.

Hindi na sya nagsalita. Pumasok sya sa loob ng fitting room at tinignan yung mga damit na pinagpilian ko.

**"Pumasok ka dito."** Utos nya sakin.

Sumunod naman ako. Pagpasok ko, agad nyang sinara yung pinto.

**"Suot mo to."** Utos ulit nya.

Kinuha ko yung inabot nya pero pano ko magbibihis kung andito sya? Feeling nya same kami ng kasarian.

**"Baka gusto mong lumabas?"** Sarcastic na tanung ko sa kanya.

**"Para namang may makikita ako sayo."** Sagot nya.

Tinignan ko sya ng masama. Anong gusto nyang sabihin dun?

**"Lumabas kana!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Tss."**

Nakuh! Yan na naman yung '*Tss*' nya. Lumabas naman sya at hinayaan akong magbihis.

Simpleng white shirt at jacket na may hood ang inabot nya sakin. Halos kapareho lang ng unang sinuot kong damit yung suot ko ngayon.

Lumabas ako ng fitting room at nag-aabang na sila sa may mahabang sofa. Andito na din sila Edrix at Rory. Nakatingin sila sakin.

**"Yan! Bagay sayo yan!"** Sabi ni Eren.

**"Kailangan din nya ng Formal."** Sabi ni Rory habang nakatingin sa phone nya.

Tinawag nila yung babaeng kausap ko kanina. Yung ate ni Blaster. Merong binulong si Keifer at agad naman itong tumango.

Sinenyasan ako ni Keifer na bumalik sa loob ng fitting room. Sunod naman ako.

Lintik na pa-contest to. Dagdag trabaho lang kasi.

*Kasalanan tong lahat ni Freya!*

Kung anu-anu pang damit ang pinasuot nila sakin. Sa totoo lang nagugutom na ko.

Natapos kami sa pagpili ng damit at sa wakas, nag-aya din silang kumain. Sa isang fast food ang bagsak naming lahat.

**"Anong talent ang gagawin mo?"** Tanung sakin ni Keifer.

**"Sasayaw... Sila Eren ang back up dancer ko."** Sagot ko sa kanya.

Tinignan ko yung cellphone ko. Nagtext pala sakin si Yuri.

**From:** *Yuri-Yuri*
**Message:** *kamsta? Kumain kna?*

Magrereply na sana ako sa kanya pero bigla nalang inagaw ni Keifer yung phone ko.

*Phone ko!*

**"Kinaka-usap kita!"** Sabi nya at tinago yung phone ko sa bulsa nya.

**"Yung phone ko naman!"**

**"Anu bang meron sa phone mo at gusto mo pang kaharap kesa sakin?!"** Inis na tanung nya sakin.

Pinagtinginan kami agad ng mga tao. Iskandaloso kasi talaga tong walang hiya na to.

**"Pasensya na! Seloso si Boyfie!"** Sigaw nila Eren sa mga tao.

*Gago men! Boyfie daw!*

**"Hoy! Eren!"** Sigaw ko sa kanya at tinignan sya ng masama.

Binalik ko yung tingin ko kay Keifer. Sabay iwas ulit, titig na titig kasi sya sakin.

*Hanep! Yung puso ko!*

**"Nagtext si Yuri sayo."** Sabi nya habang kinakalikot yung phone ko.

Tinignan ko sya ng masama at pilit inagaw yung phone ko sa kanya. Pero inilayo nya yun at pilit tinignan yung mga text ni Yuri.

**"...Kelan pa kayo nagkaka-text?"** Tanung nya.

**"Wala kana don! Akin na yan!"**

Tinignan nya ko at muling binulsa yung phone ko.

**"Mamaya ko na ibibigay sayo. Kumain ka muna."** Sabi nya sakin at saktong dating nila Rory dala yung order namin.

Dahil gutom na rin ako, hinayaan ko muna yung phone sa kanya. Maya na ko makikipagtalo, kain muna mga brad!

Walang tigil ang kulitan nila Eren habang kumakain. Meron pa silang nalalaman na lalagyan daw nila ng boobs si Ci-N bukas.

Pero si Keifer, tahimik lang habang kumakain. Para bang meron syang iniisip.

Next time nga, lalagyan ko ng password yung phone ko para hindi nabubuksan ni Keifer yung mga message namin ni Yuri.

Baka kasi bigla namin syang mapag-usapan tapos mabasa nya. Putcha! *Huli ka balbon* lang ang dating ko nun.

Pagkatapos kumain nagkaayaan ng umuwi. Kailangan ko na rin yun para ma-practice yung mga gagawin ko.

Malapit na kami sa exit ng makaramdam ako ng tawag ng kalikasan. Yung No. 1, naiihi ako.

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya. **"...Ihi lang ako."**

**"Sa bahay nyo nalang."**

**"Dito na! Lalabas na eh!"** Pagpipilit ko.

Wala syang nagawa kundi kunin ang mga hawak ko at hayaan akong umalis.

Sandali lang naman ako dahil wala namang nakapila at malapit lang sa hinintuan namin yung CR.

Pagbalik ko, napansin kong may kausap si Keifer sa phone. Ng makapalapit ng maayos dun ko lang napansin na Phone ko yung gamit.

**"Hoy! Phone ko yan ah!"** Sita ko sa kanya.

Humarap sya sakin at bahagyang nilayo ang phone sa tenga nya.

**"Sino si Cyrus?"** Tanung nya na nagpatigil sakin.

*Si C-cyrus yung kausap nya.*

Kinuha ko yung phone ko at agad na pinatay yung tawag. Halos manginig yung laman ko. Humarap ako kay Keifer.

**"A-anung sinabi nya sayo?"**

**"Hinahanap ka lang... Gusto ka daw nyang makita."** Mabilis nyang sagot sakin.

Sumisikip ang dibdib ko. Panu nya nalaman ang number ko? Bakit ngayon pa sya tumawag sakin?

*Panu kung totoo pala yung sinasabi nung kambal sakin?*

**Author's Note:** Ang kalaro ni Ci-N... Eren de Luna

ONBOM
DERBY
ONEW

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 85

**Festival Day 4.5**

***Jay-jay's POV***

Konti pa! Mananampal na ko dito. Kagu-gulo nitong mga kasama ko. Dinaig pa yung elementary student sa kakulitan.

**"Jay-jay! Si Eren nga oh!"** Sumbong sakin ni Ci-N.

**"Ikaw kaya nauna!"** Sagot naman sa kanya ni Eren.

Tinignan ko sila pareho ng masama pero walang talab yun. Pati sila Kit at Rory nakikigulo din sa kanila. Tanging kami lang nila Keifer at Josh ang walang kibo dito sa pwesto namin.

*Meron akong iniisip.*

Pag-uwi ko kasi sa bahay kanina. Meron kaming hindi inaasahang bisita. Yung parents ni Cyrus. Hindi ko alam yung gagawin ko kanina.

Gusto daw nila kong maka-usap. Ilang linggo na daw kasi akong hinahanap ni Cyrus. Gusto daw nya kong makita.

*Pero ayoko! Natatakot ako!*

Ayoko sanang pumayag pero nakiki-usap sila sakin. Ang masama pa nito, ngayon pa sana nila ko gustong isama. Buti nalang at dumating si Aries.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Keifer. **"...Bakit?"** Tanung nya.

**"Anong bakit?"**

**"Bakit ang tahimik mo? Kanina kapa ganyan simula nung tumawag yung----"**

**"Okay lang ako... Kinakabahan kasi ako para kay Yuri."** Palusot ko.

Hindi na sya nagsalita. Maganda yun para sakin. Ayoko talagang pag-usapan.

Biglang may lumabas na matinis na tunog sa speaker mula sa stage dito sa auditorium. Mukang mag-uumpisa na yung contest. Kailangan ko munang alisin ang mga nasa isip ko. Susuportahan ko muna si Yuri.

**"Good evening everyone!"** Bati nung host samin.

Malakas na palakpakan naman ang sinagot namin. Sya rin yung naging host nung contest nung martes.

*Kasama niya kaya yung future Wowowin dancer?*

Habang nagsasalita yung host, napansin namin si Rory na tumatakbo palapit samin.

**"Guys! Nasira yung audio tape na dala namin para kay Yuri!"** Sabi nya samin.

**"Gumagana pa yun kanina ah."** Sabi ni Kit.

**"Mukang may sumabutahe! May dala ba kayong back up?!"** Tanung samin ni Rory.

Nagtinginan kami, nagbabakasakaling may sumagot ng *meron*. Pero wala, matatalo si Yuri nito.

**"Edrix! Samahan mo si Rory sa room. Kunin nyo yung gitara, ipagamit nyo kay Yuri."** Utos ni Keifer. Mabilis ang naging kilos nila Edrix.

Binalik namin yung tingin sa Host. Bigla kasing nagpalakpakan ang mga tao. Umpisa na pala ng contest. Sana nga lang umabot pa sila Edrix.

**"Simulan natin sa Section B!"** Sabi nung host at lumabas yung representative ng Section B.

Your Love ang kinakanta nya. Pero wala don ang atensyon namin. Hinihintay naming dumating sila Edrix.

Natapos ang Section B at muling lumabas yung host.

**"Wala pa rin ba?!"** Natatarantang tanung ko.

Pilit nilang sinilip ang paligid pero wala pa rin sila Edrix.

**"Ngayon naman ang Section D!"** Muling sigaw nung Host at lumabas ang taga Section D.

Habang kumakanta yung D, biglang dumating si Edrix hingal na hingal.

**"Okay na... Naibigay na namin kay Yuri."** Sabi ni Edrix at naupo.

Pero meron pang isang problema. Mapipilitang magpalit ng kanta si Yuri. Sinabi na kasi nya samin na hindi daw nya kayang tugtugin sa gitara yung unang kantang napili nya.

**"Maraming salamat sa napakagandang kanta Section D!"** Sabi nung Host at nagpalakpakan ang mga tao.

Alam naman na si Yuri na ang susunod. Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko.

**"Palakpakan naman natin ang Section E!"** Sigaw nung host at lumabas si Yuri hawak ang acoustic guitar.

**"Si Yuri na! Woooohhhhh! GO! YURI!"** Sigaw nitong mga katabi ko.

Sandaling inayos yung gitara at nagtesting na rin. Ng maayos na ang lahat nagsalita si Yuri sa mic.

**"I will sing Can't stop the feeling, covered by Joseph Vincent."** Sabi ni Yuri at nagsimulang kumanta.

"***I got this feeling inside my bones***
***It goes electric, wavey when I turn it on***
***All through my city, all through my home***
***We're flying up, no ceiling, when we're in our zone...***"

Ang ganda nung kantang napili nya. May boses din palang maipagmamalaki tong si Yuri. Parang si Keifer lang.

"***...I got that sunshine in my pocket***
***Got that good soul in my feet***
***I feel that hot blood in my body when it drops, ooh***
***I can't take my eyes up off it, moving so phenomenolly***
***Room on lock the way we rock it, so don't stop...***"

Meron akong aaminin. Crush ko talaga si Yuri, nung unang beses ko pa lang syang nakita. Lakas kasi ng dating ng red hair. *Hahaha*

Kayalang magka-ugali kasi sila ni Keifer kaya hindi ko inaamin sa sarili ko. Pero nung bumait na sya sakin, hindi ko maiwasan na hindi mapangiti.

"***...Under the lights when everything goes***
***Nowhere to hide when i'm getting you close***
***When we move, well, you already know***
***So just imagine, just imagine***
***Nothing i can see but you when you dance, dance, dance***
***Feeling good, good, creeping up on you***
***So just dance, dance, dance***
***All those things i shouldn't do***
***But you dance, dance, dance***
***And ain't nobody leaving soon, so keep dancing...***"

Maswerte yung nagugustuhan ni Yuri ngayon. Sana nga lang magustuhan din sya. Kawawa naman kasi kung hindi. BH na nga kay Ella tapos BH pa sa kanya.

"***...I can't stop the feeling***
***So just dance, dance, dance***

***I can't stop the feeling***
***So just dance, dance, dance...*****"**

Kung ako lang yun, tapos wala din akong eklabu kay Keifer----*Ay! Hayahay ang Buhay!* Happy together lang peg namin.

**"Did you know that Yuri only sing for a certain person?"** Biglang sabi ni Keifer dahilan para mapatingin ako sa kanya.

**"Ha?"**

**"Sa mga oras na to, kinakantahan nya yung babaeng gusto nya."** Paglilinaw nya.

*Talaga?*

Alam pala ni Keifer na may nagugustuhan si Yuri? Sabagay, bestfriend sila kaya hindi imposible yun.

**"*...Ooh, it's something magical***
***It's in the air, it's in my blood, it's rushing on***
***Don't need no reason, don't need control***
***I fly so high,  no ceiling, when i'm in my zone...*****"**

Binalik ko yung tingin kay Yuri. Ako lang ba o parang nakatitig talaga sya sakin?

*Ang weird ng pakiramdam ko.*

Kahit hindi pa sya tapos kumanta napilitan akong tumayo. Nagpa-alam akong magc-cr lang.

Ang totoo, kakaiba lang kasi talaga yung pakiramdam ko. Bigla akong hindi naging komportable.

Dumiretso ako sa pinakamalapit na CR. Pero hindi pa ko nakakapasok sa loob ng makarinig ako ng umiiyak. May multo pa yata! Putcha!

Pero hindi multo yung nakita ko sa loob. *Si Grace!*

Hindi pa ko nagsasalita pero tinignan agad nya ko ng masama.

**"Akala ko ba kaka-usapin mo si Denzel?!"** Inis na tanung nya sakin at pilit pinunasan ang luha nya.

*Lah! Kala ko ba okay na sila?*

**"May nangyari ba?"**

Muli nyang pinunasan ang mga mata nya.

**"Pinanagutan nga ni Denzel yung bata pero ganun pa din yung pakikitungo nya sakin."** Sabi nya at muli na namang umiyak. **"...Sabi nya mahal nya ko pero hindi ko naman maramdaman."**

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Anu bang dapat kong gawin? Oo, alam ko hindi na dapat ako maki-alam.

Pero buntis sya! At umiiyak! Masama yun para sa baby. Hangang sa merong pumasok na ideya sa utak ko.

Agad akong lumapit kay Grace at bumulong sa kanya. Nagtaka pa sya nung una pero sumang-ayon din sya.

Agad akong lumabas ng CR at hinanap si Denzel. Nasa backstage sila at nakikipag-usap kay Yuri. Mukang kanina pa sya tapos mag-perform.

**"Jay-jay!"** Tawag nila sakin.

Tumakbo ako palapit sa kanila at sandaling naghabol ng hininga.

**"Saan ka galing? Bakit bigla ka nawala?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Maya ko nalang papaliwanag."** Sagot ko at humarap kay Denzel. **"...Sumama ka sakin may pag-uusapan tayo."**

Hinawakan ko ang kamay nya at agad syang hinatak palayo. Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya.

**"T-teka lang Jay!"** Pigil nya sakin pero hindi ako nagpa-awat.

Nakarating kami sa gilid ng room. Binitiwan ko sya at tinitigan sa mga mata.

**"B-bakit ba Jay?"**

**"Anong balak mo kay Grace?!"** Inis na tanung na ko sa kanya.

**"H-ha? Kala ko ba okay na lahat samin?"**

**"Yun din akala ko... Pero umiiyak na naman sya."**

Sandaling tumahimik si Denzel at parang nag-isip. Aware siguro sya na hindi gusto ni Grace yung pagtrato nya.

**"Jay... Hindi ko naman alam yung gusto nyang mangyari. Pinanagutan ko na yung bata, kaya nga nagtatrabaho akong mabuti."**

**"Pero si Grace? You accept your responsibility with the child, but how about your responsibility with Grace? Babae pa rin sya at kahit hindi kayo kasal, meron ka pa ring responsibilidad sa kanya!"** Inis na paliwanag ko.

Bigla nalang syang umiyak. Nagulat ako pero hindi ako nagpakita ng awa o simpatya. Hindi ko na kasi talaga alam ang gagawin sa kanya.

**"M-mahal ko kasi si Grace pero... N-natatakot ako. Alam kong galit sya sakin dahil sa ginawa kong pag-gamit sa kanya. Alam ko din na hindi nya ko mapapatawad kaya kusa na kong lumalayo. Kapag okay na lahat at meron na kong ipagmamalaki, liligawan ko sya ulit. Pero ngayon na wala ako kahit anu, alam kong papasok at papasok sa isip nya na ginagamit ko pa rin sya."** Paliwanag nya habang pilit pinupunasan ang luha nya.

Huminga ko ng malalim at tumingin sa ibang direksyon.

**"Pwede ka ng lumabas!"** Sigaw ko.

Alam kong nagtaka si Denzel sa sinabi ko. Mula sa likod ng mga tambak na gamit lumabas si Grace.

Lumapit sya samin at tinignan ng masama si Denzel.

**"Ganun ba tingin mo sakin?!"** Galit na tanung ni Grace.

*Oo naman! Tropa kaya kayo ni Freya!*

Hindi sumagot si Denzel. Sa inis ni Grace, pinaghahampas nya at halos itulak nya si Denzel. Pero hindi pa rin sya sumasagot.

**"Denzel... Kaharap mo na si Grace. Sabihin mo na yung problema. Walang mangyayari kung lalayuan mo lang sya ng lalayuan."** paliwanag ko.

Pero parang para sa akin yung mga sinabi ko. Bigla kasing pumasok sa isip ko si Cyrus. Siguro nga dapat ko na syang harapin.

**"Grace..."** Panimula ni Denzel at bigla nalang nyang niyakap ang kaharap. **"...S-sorry kung naduduwag ako sayo."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin pa ni Denzel. Umalis na ko at hinayaan na silang mag-usap. Meron din akong sariling problema na haharapin.

Kinuha ko yung phone ko at dinial yung number na iniwan sakin ng parents ni Cyrus.

**["*Hello?*"]** Sagot ng kung sino sa kabilang linya.

**"H-hello? Si Jay-jay po ito."**

**["*Jay... Sana pumayag kanang magpakita sa anak namin kahit sandali.*"]**

Huminga ako ng malalim at napatingin sa langit. **"P-payag po ako."**

**["*Salamat Jay! Matutuwa si Cyrus sa sinabi mo!*"]**

Pero ako hindi natutuwa. Kilala ko si Cyrus, malalim pa sa ugat ng puno kung magtanim sya ng galit sa kapwa. Hindi sya titigil hanga't hindi nakakaganti.

Hindi ko alam kung tama ba tong ginawa ko.

**Author's Note:** Sa kanya ka tumabi pagsakay mo ng Train to Busan, ligtas ka. hahahaha... Si Denzel Castillo.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 86

**Festival Day 5**

***Jay-jay's POV***

7:35am. Ang aga ko nagising kahit late na ko nakatulog. Hindi kasi mawala sa isip ko si Cyrus. Sana pala sumama nalang din ako sa pag-patrol kung alam ko lang na ganto yung mangyayari.

Nag-ring yung phone ko kaya agad kong hinanap kung nasan yun. Sa ilalim ng unan ko sya nakita. Si Ci-N ang tumatawag sakin.

**"Hello?"** Sabi ko pagsagot sa tawag.

**["*Peram nga ako ng bra mo.*"]** Bungad ni Ci-N sakin.

*Gago men!*

**"Sira ulo kaba?!"**

**["*Ayaw akong pahiramin ni Ate ko. Nagagalit sakin!*"]**

**"Magpatulong ka kila Eren! Wag ako ang kulitin mo!"** Sigaw ko sa kanya at pinatay yung phone.

Aga-aga kasi, gagalitin ako. Bumangon na ko at dumiretso sa banyo. Naghilamos na at nagsipilyo. Inipitan ko rin ang buhok ko.

Kagabi ko lang napansin na humahaba na pala yung buhok ko. Dati hangang balikat lang pero ngayon lagpas na at halos umabot na sa bewang.

Pagbaba ko, nasalubong ko pa si Kuya Angelo.

**"Nagpunta daw dito yung parents ni Cyrus?"** Tanung nya sakin.

**"Oo.. tinatanung kung pwede ko daw puntahan si Cyrus."** Sagot ko sa kanya.

**"Pupunta kaba?"**

Umiwas ako ng tingin at napakagat sa ibabang labi ko. Baka kasi hindi nya ko payagan kapag sinabi ko yung totoo.

**"Kung pupunta ka, siguraduhin mong may kasama ka."** Sabi nya at umalis sa harapan ko.

Hindi ko nga alam kung tutuloy pa ko. Kinakabahan kasi ako. Dumiretso na ko sa kusina at kumuha ng kakainin.

Pagkatapos mag-almusal bumalik ako sa kwarto at inayos yung mga gagamitin mamaya. Alam kong susunduin ako nila David mamayang 8:30am.

Biglang nag-ring yung phone ko. Si Ci-N ang nasa isip ko na tumatawag sakin pero iba yung nakalagay sa phone.

Sinagot ko yung tawag at hinintay na magsalita yung nasa kabilang linya.

**["*Jay-jay? Mom ni Cyrus to! Baka pwede mo ng puntahan yung anak ko ngayon?! Please!*"]**

Nanay ni Cyrus. Umiiyak sya at mula sa kabilang linya naririnig ko na nagkakagulo sila. Para bang may nagwawala na nakiki-usap.

**"K-kasi po... May gagawin po ako ngayon."** Sagot ko.

Bakit ngayon pa? May laban ako. Hindi ako makakarating ng 1pm baka ma-disqualified kami.

**["*Jay... Please nakiki-usap ako!*"]** Paki-usap nya at mas lalung lumakas ang pag-iyak.

*Anong gagawin ko?!*

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Bahala na!

**"S-sige po. Pupunta na ko."** Sagot ko.

**["*S-salamat!*"]**

Namatay na yung tawag. Nasabunutan ko nalang ang sarili ko. Mapapatay ako nila Keifer kapag hindi ako nakarating sa oras nito.

Agad akong naligo at nag-ayos. Nagtext na rin ako kila David at sinabing pupunta nalang ako dun.

Lumabas ako ng bahay ng hindi nagpapa-alam kay Kuya. Hindi nya ko papaalisin ng walang kasama. Itetext ko nalang siguro sya.

Sumakay ako ng taxi at nagpadiretsong terminal ng bus. Suntok sa buwan tong gagawin ko.

Saktong paalis na yung bus nung dumating ako. Mabilis lang ang byahe kapag umaga.

Pag-upo ko, parang sinisilihan yung pwet ko sa pwesto ko. Hindi kasi talaga ako mapakali. Pakiramdam ko, maling mali tong gagawin ko.

*2hrs na byahe. 1 1/2 hrs kung hindi traffic.*

Biglang may nagtext sakin. Alam kong sila Yuri yun kaya hindi ko na tinignan. Meron ding tumatawag sakin.

**"Ate... Hindi mo ba sasagutin yan?"** Tanung ng bata sakin na katabi ko.

Nagpilit ako ng ngiti at umiling.

Bumalik yung bata sa ginagawa nya. Sinilent ko na yung phone ko para hindi nakakahiya sa batang katabi ko. Muka kasing masungit.

Nakarating ako sa destinasyon ko. Pagbaba pa lang sa terminal pinagtinginan na ko ng mga nakakakilala sakin.

Pero wala akong paki sa kanila. Sumakay ako ng tricycle at nagpahatid sa ospital kung saan naka-confine si Cyrus.

Lumapit ako sa nurse station at nagtanung.

**"S-saan po yung room ni Cyrus Velasco?"**

**"Sandali lang po ah?"** Sagot sakin nung nurse at my pinindot pindot sa keyboard. **"...Third floor po, Room 154."**

**"Thank you po."** Sabi ko at lumakad na paalis.

Sa hagdan ako dumaan. Para incase na magbago ang isip ko pwede pa kong bumalik agad.

Pero mukang hindi ganun yung mangyayari. Nakarating ako sa third floor. Nasa tapat na ko ng pinto ng kwarto ni Cyrus. Nakahanda na rin ang kamay kong kumatok sa pinto.

*May chances pang umatras.*

Pero hindi na ko pwedeng umatras. Ang lakas ng loob kong pagsabihan si Denzel na harapin yung problema pero ako tong naduduwag.

Kumatok ako sa pinto at hinintay na bumukas ang pinto.

**"Jay?"** Bungad sakin ng Nanay ni Cyrus.

Nagpilit ako ng ngiti. Ginayak nya kong pumasok at sumunod naman ako.

**"ANONG GINAGAWA NYA DITO?!"** Galit na tanung ni Ate Cas, kapatid ni Cyrus.

**"Cassandra! Gusto syang makita ng kapatid mo!"** Sita ng Tatay ni Cyrus.

Napatingin ako kay Ate Cas. Galit na galit ang tingin nya sakin. Lumipat ang tingin ko kay Cyrus na nakahiga sa kama.

Nangingilid ang luha nya at parang ang saya nya na makita ako. Meron syang neck support, nakabenda ang kanang kamay at may bakal ang binte. Meron din syang benda sa ulo.

Hindi ako makapaniwala na ako ang may gawa nyan sa kanya.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin.

Nilapit ako ng Nanay nya sa kaliwang bahagi ng kama. Sa sobrang inis ni Ate Cas lumabas sya ng kwarto at padabog na sinara ang pinto.

Pina-upo ako ng Nanay ni Cyrus sa tabi nya mismo. Para akong mulala sa ginagawa ng Nanay nya.

Hinawakan ni Cyrus ang kamay ko kaya napatingin ako sa kanya.

**"Kamusta ka? Sabi nila hindi kana daw dito nag-aaral."** Tanung nya sakin.

Kung titignan sya, parang sabik na sabik sya sa mga ikukwento ko. Hindi ako sigurado kung yun nga talaga sya ngayon. Hindi mawala sa isip ko na pwedeng may balak sya.

**"D-dun na ko nag-aaral sa school ni Aries."**

Bahagya syang nagulat. **"Magkasama na kayo ni Aries? Kala ko galit sya sayo?"**

*Si Cyrus kaba talaga?!*

**"Nag-iiwasan kami kung kailangan."** Pilit kong sagot.

Humigpit ang hawak ni Cyrus sa kamay ko, tinititigan din nya ko sa mata. Hindi ko maiwansan na hindi mailang.

**"Mag-kwento ka... Tungkol sa mga bago mong classmate."** Utos nya sakin.

Sandali akong tumingin sa mga magulang nya bagao tuluyang nagsalita.

Limitado lang ang kwento ko sa kanya. Ayokong magbigay ng detalye dahil sa bawat pangalan na banggitin ko nag-iiba yung tingin nya sakin.

Tumingin ako sa wall clock sa kwarto. 10:45am na, kung aalis na ko makakapag-ayos pa ko sa bahay at aabot ako sa contest.

Humarap ako kay Cyrus na mahigpit pa rin ang hawak sa kamay ko.

**"C-cyrus... Kailangan ko ng umalis. Hinihintay na kasi ako samin."** Sabi ko habang tinatangkang bawiin ang kamay ko.

**"Wag muna... Dito ka muna, please!"** Paki-usap nya.

**"H-hindi kasi pwede..."**

Nagulat nalang ako ng bigla nya kong hawakan sa leeg. Galit na galit ang tingin nya sakin at alam kong pwede nya kong patayin.

*Hindi pa rin sya nagbabago.*

Nataranta yung magulang nya at agad na lumapit samin para awatin si Cyrus.

**"Dito ka lang! Hindi ka pwedeng umalis!"** Galit na sabi nya sakin.

**"Cyrus! Anak! Bitiwan mo si Jay-jay!"** Sigaw ng Nanay nya habang pilit inaalis ang kamay ni Cyrus sa leeg ko.

Pero pursigo at taimtim ang tingin nya sakin. Balak nya talaga kong patayin. Alam kong nagtanim sya ng galit sa ginawa ko.

Biglang pumasok si Ate Cas sa kwarto at tumulong na rin sa pag-alis ng kamay ni Cyrus.

**"Cyrus! Bitiwan mo sya!"** Sigaw ni Ate Cas.

Sabay nilang hinatak ang kamay ni Cyrus at parang napagod din ito kaya bumitaw. Agad akong lumayo sa kanya at naghabol ng hininga.

Bigla nalang umiyak si Cyrus at parang nagmamaka-awa.

**"Wag ka munang umalis! Dito ka lang! Please!"** Paki-usap nya habang umiiyak.

Tinignan ako ni Ate Cas na parang nagsasabi na wag na kong magtagal pa dito.

**"P-pasensya na po... Kailangan ko ng umalis."** Yun na ang huling sinabi ko sa kanila.

Mabilis akong tumakbo paalis. Bastos na kung bastos pero hindi ko na kayang magtagal don. Wala akong balak makipag-plastikan sa kanila.

*Baliw si Cyrus!*

Pero parang pati ako mababaliw na din.

Huminto ako sa parking ng ospital. Sa isang bahagi ng pader ako sumandal at naghabol ng hininga.

Pero hindi pa ko nagtatagal ng may tumawag sakin.

**"Jay!"**

Tinignan ko kung sino yun. Si Ate Cas at palapit sya sakin.

**"Ihahatid na kita sa inyo! Kailangan din nating mag-usap!"** Sabi nito sakin at hinatak ako papasok ng kotse nya.

Hindi pa rin nagbabago ang kotse nya. Pati itsura nya, muka pa rin syang bata.

Mabilis na pinaandar ni Ate Cas ang kotse. Daig pa nya yung ng holdap sa bilis nyang magmaneho.

**"Kung pwede lang sana... Wag ka ng magpakita kay Cyrus."** Sabi nya sakin.

Hindi talaga! Wala akong balak bumalik don. Naawa lang ako sa Nanay nila kaya ako nagpunta.

Marami pa sana kong gustong malaman at itanung kay Cyrus pero hindi na pwede. Tutal eto nalang din ang huli naming pagkikita kaya sulutin na.

**"A-ate Cas... A-anu po ba talaga yung ginawa ko kay Cyrus dati?"**

Tinignan nya ko sandali. Para syang nainis sa tinanung ko.

**"Ginawa mo tapos hindi mo alam? Nagpapatawa kaba?"** Inis na sagot nya sakin.

**"M-mahirap ipaliwanag."**

**"Binugbog mo si Cyrus! Ang dami naming umaawat sayo pero hindi ka tumitigil! Para kang ibang tao, wala kang pinapakinggan! Akala namin napatay mo na sya!"** Paliwanag nya.

Napalunok nalang ako. Ganyan din ang sinabi ni Keifer sakin. May ginagawa ba ko ng hindi ko alam?

**"Alam kong hindi maganda naging ugali sayo ni Cyrus! Pero bakit mo ba sya sinaktan ng ganun?!"**

Hindi ako makapagsalita. Hindi ko naman alam kung bakit ko ginawa yun. Hindi ko rin alam kung panu ko nagawa yun.

**"...Comatose si Cyrus ng ilang buwan! Ng dahil lang sa ginawa mo! Internal hemorage ang sabi samin ng doctor at operation lang ang option namin!"**

Alam ko yun! Kaharap ako nung sinabi nung doctor yun. Lahat sila nakatingin sakin at ako yung sinisisi. At ng dahil dun, inatake sa puso si Lola. Akala ko mapapahamak na rin sya ng dahil sakin.

**"...Mabuti nalang at nadaan sa gamot yung problema!"** Dagdag nya pa.

Hindi na ko nagsalita pa. Hinayaan ko syang sermunan ako at kung anu-anu pa. Sa bilis nyang magmaneho hindi ko namalayan na malapit na kami samin.

Inihinto nya yung kotse sa tapat ng gate.

**"S-salamat, Ate Cas."** Sabi ko bago bumaba.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong naglakad papasok sa bahay. Ang bigat ng pakiramdam ko. Hindi ako makahinga, sana talaga hindi na ko nagpunta dun.

Napatingin ako sa wall clock-----*shit!*

Tumakbo ako papunta sa kwarto ko para kunin yung mga gamit. Hindi na ko nag-ayos, dun ko nalang aayusin ang sarili ko.

Nagtawag agad ako ng taxi paglabas ko. Hindi ako aabot kung lalakad ako or mag-bike. Kayalang kung mamalasin, traffic na paglapit ng sasakyan sa boundery ng school.

Bumaba na ko at tinakbo nalang. Pagpasok sa gate ng school, napansin ko agad yung nagsisigawan sa harap ng main building ng fourth year.

**"Jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Hinanap ko yun at nakitang papalapit sakin si David.

**"Bakit ngayon ka lang?"** Tanung nya sakin.

**"M-meron kasi ako-----"**

**"Tapos na yung contest."**

Pero maaga pa! May isang oras pa ko para makapag-handa. Panu nangyaring tapos na?

Nakita ko sila Eren na naglalakad papunta sa room kaya agad akong tumakbo para habulin sila.

Sa tapat ng mismong room namin ko sila naabutan.

**"Saan kaba galing?!"** Galit na bungad sakin ni Keifer.

**"M-meron akong----"**

**"Mahalaga pa ba yan sa araw na to?! Alam mong may laban ka pero sinabay mo pa talaga yan!"**

**"Keifer kasi----"**

**"Hindi na rin tumuloy si Ci-N kasi nga wala ka!"** Sermon pa sakin ni Keifer.

Gusto kong magpaliwanag pero hindi ko alam kung panu ko sasabihin yung nangyari.

Lumabas si Yuri mula sa pinto ng room.

**"Anu bang nangyari Jay?"** Mahinahon na tanung ni Yuri.

Pati sila Ci-N at iba pa lumabas na din ng room at hinintay ang sasabihin ko.

**"K-kasi... A-akala ko 1pm pa yung contest."** Halos pabulong kong sabi.

**"Tinatawagan ka namin, bigla kasing binago nila Freya yung oras."** Sagot sakin ni Ci-N.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Sana pala tinignan ko yung phone ko kahit sandali.

**"Saan kaba talaga galing?!"** Galit na tanung na naman ni Keifer.

**"B-bumalik ako samin, sa p-probinsya namin."** Sagot ko.

**"Ngayon pa talaga?! Nanadya kaba?!"** Sigaw sakin ni Keifer dahilan para kusang bumagsak ang mga luha ko.

Hinawakan ni Yuri yung braso ni Keifer para awatin sya pero tinabig lang nya yun. Galit pa rin ang tingin nya sakin.

**"K-kasi... M-meron din naman akong sariling problema na kailangang harapin."** Sagot ko at bumagsak ang mga luhang kanina ko pa pinipigilan. **"...Hindi ko naman gusto na hindi makarating. Pinilit ko naman eh. Hindi ko rin gusto na isabay yun ngayon. Pero kinailangan ko."**

Lalapit sana sila sakin pero sinenyasan ko sila na huminto. Tinignan ko si Keifer na galit pa rin ang tingin sakin.

**"...Anu pang gusto mong malaman?! Kung anu yung problema ko?! Yung Ex ko, si Cyrus! Na hangang ngayon misteryo pa rin sakin kung panu ko sya nagawang bugbugin at maging dahilan ng pagkaka-ospital nya!"**

Tuloy-tuloy pa rin ang pag-iyak ko. Ayokong humarap sa kanila ng ganito. Hindi ko pinangarap na umiyak sa harap ng maraming lalaki.

Tumalikod ako sa kanila at naglakad paalis. Ayoko nito, ayokong ipakita sa kanila na mahina ako.

**Author's Note:** Si Cyrus Vellasco...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 87

**Festival Day 5.5**

***Jay-jay's POV***

Malakas ang sigawan ng mga tao sa auditorium. Hangang dito sa pwesto ko naririnig ko sila.

Nasa gilid ako ng room namin ngayon. Ayoko manuod, makikibalita nalang ako sa kung sino ang mananalo.

Pagkatapos ng nangyari kanina, ayoko munang makipag-usap sa kahit kanino. Umuwi ako sa bahay at dun umiyak pero nakita naman ako ni Kuya Angelo. Kinailangan ko ding bumalik sa school dahil magpa-patrol pa kami.

Pero pinili kong magpa-iwan habang yung iba nanunuod at naghihintay ng oras nila.

Hawak ko yung cellphone ko at tinitignan yung mga text nila sakin.

**From:** *Ci-N*
**Message:** *11am na daw yung contest. Sunduin ka namin ngayon.*

**From:** *David*
**Message:** *asan k? Umalis ka daw?*

**From:** *Yuri*
**Message:** *Sagutin mo yung tawag ko! Please!*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Jay! Sagutin mo! Nag-aalala kami!*

Hindi ko mapigilan na hindi maiyak habang binabasa yung mga text nila. Alam ko kasi na nasa akin ang sisi ng lahat. Masakit sakin yun, pinaghandaan namin ng husto yung contest pero nauwi lang sa wala.

**"Hindi kaba nilalamok dyan sa pwesto mo?"** Tanung ni Yuri at biglang naupo sa tabi ko.

Pinunasan ko yung luha ko at pilit tumahan.

**"Hindi naman... Bakit nandito ka?"**

Napatingin ako sa tabi nya. May dala syang gitara. Ngumiti sya sakin at tumingin sa langit.

**"I don't know where to go."**

**"Sa auditorium ka dapat... Hindi mo ba hihintayin yung announcement kung sino nanalo?"** Tanung ko sa kanya at pilit inabot yung gitara sa kamay nya.

**"Ayoko! Disqualified naman ako, bakit aalamin ko pa yung mananalo?"**

Natigilan ako sa sinabi nya. Disqualified? Hindi ko alam yun. Pero bakit naman?

**"Bakit ka na-disqualified?"**

**"Isang contest lang daw kasi per person."** Sagot ni Yuri at ngumiti sakin.

Inabot din nya yung gitara ng mapansin nyang nahihirapan akong abutin yun.

Nilagay ko yun sa hita ko at nag-feeling gitarista.

**"Ibig sabihin kung natuloy pala si Ci-N, madi-disqualified din sya?"**

Nag-nod naman si Yuri. Pero wala namang sinabing ganun sa rules. Pakana naman siguro to ni Freya. Nasayang tuloy effort ni Yuri.

Ang ganda pa naman ng kanta nya.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...Sino yung Cyrus?"**

Natigilan ako, hindi ko kasi alam kung dapat ko bang sabihin sa kanya. Nakakasawa mang pakinggan pero naiilang talaga akong magsabi.

*Hindi masama magsabi minsan.*

May punto yung bulate sa utak ko. Sabi nga nila na gagaan daw yung nasa loob mo kung ilalabas mo.

**"E-ex-boyfriend ko."**

**"Kamusta naman ang pagkikita nyo?"**

**"Uhmm... Hindi maganda."**

Tinignan ako ni Yuri. **"Pwede mo bang ikwento?"**

Tipid na tango ang sinagot ko sa kanya. **"Ayaw nya kong paalisin. Gusto nya dun lang ako sa tabi nya. Sinakal pa nga nya ko dahil sa galit nya."**

Biglang naging seryoso si Yuri. **"Ginawa nya yun?"**

**"Oo... Buti nalang andun yung pamilya nya para awatin sya."**

**"You're not thinking of getting back there, do you?"**

**"Ay naku! Hindi na ko talaga babalik dun!"**

**"Mabuti naman..."** Pabulong na sabi ni Yuri.

Kinalabit ko yung string ng gitara. Pa-experience man lang. Hindi naman kasi ako marunong nito. Gusto ko lang itry.

**"Gusto mo turuan kita?"** Prisinta ni Yuri.

Umiling ako at binalik yung gitara sa kanya. **"Wala akong tyaga sa ganyan."**

Dati ko pa sinusubukang mag-gitara kayalang nawawalan ako ng gana. Kaya hangang tingin nalang ako at pangarap.

Bahagya syang tumawa. **"Tutugtugan nalang kita."**

Ngumiti ako sa kanya at hinayaan syang gawin ang gusto nya. Nasa mood naman akong makinig ng music.

***"Through all of time and space***
***I'd always rearrange***
***Everything around me, so things would go as planned***
***But I found clarity***
***Some things aren't meant to be***
***Take it as you go on***
***Your future's in your hands***
***And all we want is love***
***So as I look above..."***

Aaminin ko, nakakagaan ng pakiramdam tong ginagawa ni Yuri ngayon. Idagdag pa yung ang sarap pakinggan ng boses nya.

***"...Oh it's the stardust in the sky that***
***Makes me realize that***
***I'm not the only one***
***And just know dreams come true***
***So make sure every single thing that you do***
***Just take your time***
***And look up at the stars tonight..."***

Dahil sabi sa lyrics *look up at the stars tonight*, tumingala naman ako. Yun nga lang failed. Kakaunti lang yung stars. *Pfffttt...* Kahit si Yuri tumingala din sandali at bahagya syang natawa nung napansing kakaunti lang yung stars.

***"...I've never wanted more than***
***To show the world what I can do, to make them see***
***That were just all unique in our own ways***
***To do what we were made to do***
***And it's our destiny to find out what we were meant to be***
***I look up and I see that..."***

Pinikit ko yung mata ko kasi ang sarap damdamin ng kanta nya. Minsan talaga nakaka-inggit yung may mga talent sa intruments at pagkanta. Pero mas gusto kong damhin yung kinakanta ni Yuri ngayon. Nawala yung pangamba ko sa mga iniisip ko.

***"... It's the stardust in the sky that***
***Makes me realize that***
***I'm not the only one***
***And just know dreams come true***
***So make sure every single thing that you do***
***Just take your time***
***And look up at the stars tonight***..."

Bigla nalang syang tumigil. Alam kong hindi pa tapos yung pagkanta nya. Dinilat ko yung mata ko at napatigil ako. Huminto ang lahat sakin.

Dahil saktong pagdilat ng mata ko ay ang pagdikit ng labi nya sa labi ko.

*Y-yuri...*

Hindi ko na binilang kung ganu kami katagal na ganun. Pero nung humiwalay sya sakin, hinintay ko na magsalita sya.

Gusto kong magtanung ng '*Bakit*'.

*Bakit mo ko hinalikan? Bakit mo to ginagawa? Bakit?*

Pero ayaw bumukas ng bibig ko. Ayaw ding gumalaw ng katawan ko. Ang tangi ko lang nararamdaman eh yung walang humpay na pagtibok ng puso ko.

*Magsalita ka! Ipaliwanag mo Yuri! Please!*

Hindi sya nagsasalita. Tinitignan lang nya ko. Sandali nyang binaba ang gitara nya ng hindi inaalis ang tingin sakin.

Bahagya syang lumapit at dahan dahang hinawakan ang pisngi ko. Inilapit nya ulit sakin ang labi nya pero bago nya pa magawa yun...

**"Yuri..."**

Pareho kaming napatayo at napatingin sa nagsalita. Walang reaksyon na nakatitig samin si Keifer.

Napatingin ako sa hawak nya sa kanang kamay.

*Trophy?*

Bakit may-----yung contest! Pinakinggan ko yung sound na galing sa auditorium. Mukang tapos na sila at may nanalo na.

**"K-keifer... Bakit may trophy kang hawak?"** Tanung ko.

Tinignan nya yung hawak nya at lumapit sya sakin. Walang gana ang mga mata nya.

**"Oh!"** Sabi nya habang inaabot ang trophy.

Kinuha ko yun at tinignan yung nakasulat.

*Battle of the Band Champion*
*Section E*

Nanalo nga sila! Ang galing! Nanalo yung section namin!

**"Nanalo kayo?"** Nakangiting tanung ko sa kanya.

**"Oo..."** Tipid na sagot nya.

Nawala yung ngiti ko ng mapansin kong seryoso sya. Nakikipagtitigan din sya kay Yuri. Nakaramdam ako ng pagka-ilang.

**"P-punta lang ako dun, makikibalita ako."** Paalam ko at mabilis na umalis.

Ang totoo, kakaiba kasi yung awra ni Keifer. Seryoso din yung itsura ni Yuri na nakatingin sa kanya. Pakiramdam ko may nangyaring hindi maganda at malapit-lapit na silang mag-away.

Pumasok ako sa room. Hawak ko pa rin yung trophy.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Ci-N. **"...Second place lang kami sa Dance Troops."**

**"Okay lang yun... Atleast may nakuha kesa wala."** Sabi ko.

**"Bakit nasayo yan? Nagkita na ba kayo ni Keifer?"** Tanung sakin ni Felix sabay kuha nung trophy.

**"Ahh, oo. N-nag-uusap lang sila ni Yuri."**

**"Lapad nga ng ngiti ni Keifer kanina eh! Sabi nya sya daw magbabalita sayo!"** Sabi ni Ci-N habang nakikitingin sa trophy.

Pero hindi sya mukang masaya kanina. Mas muka syang may iniisip or dinaramdam or naiinis.

**"Asan na yung magpa-patrol ng 11pm?!"** Sigaw ng kung sino.

Napatingin kami pare-pareho sa oras. 11:02pm na pala.

**"Hala! Kami yun!"**

Agad naming kinuha yung mga flashlight at lumabas. Naalala ko sila Yuri at Keifer. Pupuntahan ko sana sila pero pabalik na rin sila ng room.

Nagsalubong ang tingin namin ni Yuri. Agad akong umiwas.

*Yung halik...*

Sumabay ako ng paglalakad kila David. Hindi ako makatingin kay Yuri. Kahit hindi naman ako yung gumawa nun, hindi ko maiwasan.

*Kasi nga...*

Huminto kaming lahat sa harap ng main building. Hindi pa daw kasi kami makakapaglinis. Merong pang party party sa auditorium. Kaya magpapatrol muna.

Kasunod lang namin sila Yuri. Parang papatay ng tao sa bilis maglakad si Keifer. Sandali syang huminto sa harap namin pero sa ibang direksyon sya nakatingin.

**"Bahala na kayo kung sino gusto nyong kasama!"** Inis na sabi nya at naglakad papunta sa kung saan.

Nagtinginan kami nila David. Mukang sinapian na naman sya ng kung sinong kaluluwa.

Naglakad na sila David, Ci-N at Eren. Sasama sana ako sa kanila pero hinawakan ako ni Yuri sa braso.

**"Can we talk?"** Tanung nya sakin.

Nag-nod naman ako. Naglakad na kami papunta sa building ng first year. Nakarating na yata kami sa second floor pero hindi pa rin sya nagsasalita.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya. **"...Y-yung kanina----"**

**"I thought you'll never ask."**

Napatingin ako sa kanya. So, hinihintay lang nya ko magsalita. Sapi talaga! Sya yung nag-aya makipag-usap tapos ako yung hinintay magtanong.

**"A-anu bang ibig sabihin nung ginawa mo?"** Tanung ko sa kanya.

**"Ikaw... Anu bang iniisip mo?"**

*Ibalik daw ba sakin yung tanung...*

**"K-kasi... H-hindi nang hahalik ang isang tao ng walang ibig sabihin."** Sabgot ko at napakamot ng ulo.

Pakiramdam ko ako yung napunta sa hotseat. Ako ba yung may kasalanan dito?

**"If your thinking if I like you. I won't deny it..."**

Natigilan ako. Sinasabi nya bang gusto----

**"...but i won't also confirm it."**

Ha?! Sumakit ulo ko bigla! Ang gulo kausap nitong si Yuri. Hindi nya itatanggi na gusto nya ko pero hindi rin nya kukumpirmahin.

*Kingina lang!*

**"Naguluhan ako sa sinabi mo."**

**"Jay... Look, if I deny it you will think that I lied but if I confirm it there is a possibility that you'll stay away from me. So I won't answer anything."** Paliwanag nya at naunang naglakad sakin.

*Loading.....*

Ayaw mag-sink in sa utak ko yung mga pinag-sasabi nya. Kamusta naman yun? Ang dami nyang theory.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Not an update!

**Trivia......**

Kaunti'ng trivia lang! Hahaha
Para maiba naman. Incase that your interested to know.

***Ang Mutya ng Section E*** title ay original na *Ang Reyna ng Section E.* Iniba ko sya because hindi naman sya meant to be a queen. Ayoko sya'ng gawing reyna and then everyone will just follow her. Kaya naman sya naging ***mutya***, because we use mutya as an expression means *alagang alaga*. Tapos bigla kong naalala yung pocket book na nabasa ko dati na nakalimutan ko na yung title----basta may *Mutya* sa title din----then '***Ang Mutya ng Section E***' was born.

**Jasper Jean '*Jay-jay*' Mariano**
---->Ang pangalan nya ay kinuha ko sa pangalan ng pamangkin ko. Si Jasper Jean Aquiesha. Pero hindi ***Jay-jay*** ang nickname nya, it's Jenjen.

Hindi ko na ginamit yung Jenjen, nahiya na kasi ako. Gamit na gamit yung pangalan nya pagnagkataon. Gusto ko din ng boyish nickname para sa character ko, that's why i use Jay-jay which is also connected sa name na ginamit ko dahil it start with letter J.

**Mark Keifer Watson**
-----> Ang original spelling ng ***Keifer*** nya ay Keeper. Nakita ko yung name na yan sa records ng mga bata sa isang local health center. Sakto nama'ng binubuo ko yung story kaya kinuha ko yung name.

**Yuri Hanamitchi**
-----> Ang name nya dapat ay Hanamitchi Sakuragi. Dun ko din kinuha

yung red hair ni Yuri. Nagbago isip ko, kasi naalala ko comedy si Sakuragi. I decided to change the name then ***Yuri*** just pop-up in my mind.

Kontrabida talaga sya at my hidden evil plan sya kay Jay-jay but i change my mind.

**David Brewer**
-----> Totoong tao po ito. Kasamahan ko sya sa dati kong trabaho. Panay ang kanta nya tuwing free time namin. Palibhasa gwapo habulin ng bading---*charot!* Hahahaha... Pero gwapo talaga.

Sya dapat ang ka-love triangle but again i change my mind. I have other plan for this character.

**Ci-N Peralta**
-----> Ci-N is originally Cian. Then gusto ko ng kakaibang name para sa kanya tapos naalala ko yung mentor ko sa dati kong trabaho. CM ang name nya tapos yun, biglang pumasok sa isip ko yung Ci-N.

At dapat 8 years old lang sya. Pero walang 8 years old na nakikipag-away kaya naging 14.

+++++++++

Marami pa talaga akong trivia pero next time nalang siguro ulit. Hahaha...

Kung my short story si Yuri meron din dapat si Jay-jay at Keifer. Hahahaha.. kaya po wag muna natin i-assume na hindi nagkakatuluyan si Jay-jay at Yuri.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 88

**Author's Note:** Sorry sa paghihintay.. Picture sa baba

**Wild Party**

***Jay-jay's POV***

Ayoko sanang lumabas pero kailangan kong libangin ang sarili ko para mawala kahit sandali sa isip ko yung ginawa ni Yuri.

Parang video tape na paulit-ulit na nagp-play sa isip ko yun. Idagdag pa yung mga sinabi nya. Parang ang awkward ng humarap sa kanya.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Felix. **"...Okay lang talaga sayo? Ihahatid na kita pauwi kung ayaw mo."**

Kasalukuyan kaming naglalakad papunta sa bahay ng ka-team nya sa basketball. Celebration daw kasi ng pagkapanalo nila. Yung party-party na sinasabi nya at kaming dalawa lang ang invited.

**"Okay lang... Anu kaba? Matagal na kong umo-o diba?"**

**"Baka kasi napipilitan ka lang..."**

**"Hindi no! May iniisip lang ako."**

Nag-nod nalang sya sakin. Lakas kasi maka-peste nung ginawa ni Yuri. Pero aaminin ko, hindi ako nakaramdam ng galit nung ginawa nya yun.

Medyo malayo pa kami sa bahay nung ka-team ni Felix pero dinig na dinig na namin yung malakas na music.

**"Saan ka nga pala natututong mag-violin?"** Biglang tanung ko kay Felix.

Naalala ko kasi yung Battle of the Band. Nagawa nyang magpalit ng instrument at galing nya.

Napayuko si Felix at parang nag-isip sandali.

**"S-sa stepbrother ko."**

*Shooot!!!*

Hindi ko intensyon na buksan yung topic na yun tungkol sa kapatid nya. Very wrong!

**"Sorry..."** Sabi ko.

Nagpilit sya ng ngiti. **"Okay lang..."** Huminga sya ng malalim at niligid ang paningin. **"...Idol ko sya eh. Gusto ko kung aning alam nya alam ko din."**

**"Close siguro kayo..."**

**"Sobra! Lagi nga syang kinakagalitan kasi sinasama nya ko sa mga kalokohan nya!"** Kwento nya habang nakangiti. **"...Tapos nung nag-aaral na kami, sinasabi nya sa lahat na tunay kaming magkapatid! Hindi rin sya payag na may umagrabyado sakin! Tapos pinakilala nya sakin sila Keifer!"**

Ang saya nya tignan habang kinukwento yung tungkol sa stepbrother nya. Sobrang close nila kahi hindi naman sila tunay na magkapatid.

Naalala ko bigla yung Kuya ko. Kamusta kaya sya sa pamilyang umampon sa kanya? Meron din kaya syang kinikilalang kapatid ngayon? Alam kaya nya na may kapatid sya sa tunay nyang pamilya?

**"...Kayalang nung pagtagal mas madalas na nyang kasama sila Keifer kesa sakin. Hangang sa nangyari na nga yung aksidente."** Biglang nag-iba yung tono nya.

Mukang masakit pa rin sa kanya yung nangyari sa stepbrother nya. Tinapik ko sya sa braso.

**"Kung nasan man sya, sure akong binabantayan ka nya."** Sabi ko at ngumiti sa kanya.

Gumanti naman sya ng ngiti. Gusto ko pa sana magtanung pero sensitive issue na yung inuungkat ko.

Napahinto kami ng makarating kami sa tapat ng bahay nung ka-team nya. Ang laki nung bahay, ang daming tao at napakalakas ng music.

**"Tutuloy pa ba tayo?"** Tanung ko kay Felix.

**"Parang ayoko na."** Sagot nya sakin at tinignan ang paligid.

Parang mga hayop na nakawala sa koral yung mga tao. Sayawan ng sayawan, tawanan ng tawanan, halikan ng halikan, suka ng suka at walang tigil sa pagtungga ng alak.

**"Felix!"**

Pareho kaming lumingon dun sa tumawag. Kahit hindi ako si Felix, nakilingon na ko.

Si Kiko kasama sila Mykel. Meron syang hawak na bote ng alak at mukang may tama na.

**"Buti dumating kayo!"** Sabi nya at pareho kaming inakbayan.

*Ang baho! Amoy naburong alak!*

**"...Pasok na tayo! Ipapakilala ko kayo sa lahat!"** Dagdag nito at pilit kaming itulak papasok.

Walang tigil sa pagsayaw ang mga tao, karamihan puro mga taga-HVIS. Halos mapipi ako sa pang-gigit-git nila. Pagdating sa gitna, binitiwan kami ni Kiko.

Hinawakan ni Felix yung kamay ko. Hinigpitan nya yun ng utusan ni Kiko ang DJ na patayin ang music.

Kinuha nya yung mic at binaba yung boteng hawak nya.

**"Listen up' guys!"** Sabi nito at tumingin sa kanya lahat. **"...This is Felix Collins! Ang nagpanalo sa SHARK SLAYER!"**

Malakas na hiyawan at palakpakan ang sinagot nilang lahat.

**"...This party is not only to celebrate our championship but also to welcome our ace player!"**

**"YEEEEEAAAAAAHHHHHH!!!!"** Sigaw nila.

Halos mabasag yung eardrums ko sa sigaw nila. Isama pang ang babaho ng hininga nila parang natuyot yung ilong ko.

**"SO LET THIS PARTY STARTED!!"** Sigaw ni Kiko.

Tumunog ulit ang malakas na music. Pinagkaguluhan nilang lahat si Felix. Parang may stampede sa dami nila at hindi na nakayanan ng kamay nya kaya napabitaw sya.

**"J-jay!"**

**"Hala! Felix!"** Sigaw ko pero dahil sa dami ng tao kusa nalang ako napaatras at nawala na sa paningin ko si Felix.

**"FELIX!"**

Lalung lumakas ang music at lalong dumami ang tao. Gustuhin ko mang makisiksik hindi ko magawa.

*Shit!*

**"FELIX! ASAN KA?!"**

Kahit sarili kong boses hindi ko na marinig dahil sa lakas ng tugtog. Masasayang lang yung laway ko at baka matodas pa yung Vocal ko nito.

Nakipag-siksikan akong pilit. Lahat ng matanaw kong kahawig ni Felix nilalapitan ko. Pati kamukha ng damit nya nilapitan ko din.

Umikot na rin ako sa ibang parte ng bahay. Nakarating pa kong kusina. Kung sino-sino na yung nabunggo ko.

**"Jay-jay!"** Tawag ng kung sino sabay hawak sa balikat ko.

Tinignan ko agad kung sino yun. Si Mica at... Calix? Nakasumbrero kasi at sun glasses yung kasama nya.

*Wow! Matindi ba sikat ng araw sa gabi?!*

**"Mica! Si Ca----"**

Sumenyas sya ng *silent* sa daliri. Hinatak nila ko sa medyo maunting tao at mahinang music.

**"Sinong kasama mo?! Bakit ikaw lang?!"** Nag-aalalang tanung ni Mica.

**"Kasama ko si Felix pero nagkahiwalay kami!"**

**"Alam ba ni Keifer at Yuri na andito ka?!"** Tanung ni Calix sakin.

*Bakit ko naman ipapa-alam sa kanila?*

Umiling ako. **"Eh ikaw bakit andito ka?! Nakaganyan ka pa!"** Sabay turo sa sumbrero at sun glasses nya.

**"Ayaw nya kasing pumayag na umalis ako na hindi sya kasama! Hindi sya pwede dito! Bawal ang Section E dito!"** Paliwanag ni Mica.

*Bawal ang Section E?*

Kaya pala ayaw ipasabi ni Felix sa iba.

**"Buti pa sumabay kana samin! Aalis na din kami!"** Sabi ni Calix.

**"Hindi pa pwede! Si Felix hindi ko pa nakikita!"**

**"Sinubukan mo nabang tawagan?!"** Tanung ni Mica sabay kuha ng phone nya.

**"Wala akong dalang phone! Hindi ko din alam kung may dala si Felix!"**

Nilabas din ni Calix ang phone nya at tinawagang pilit si Felix. Pero feeling ko hindi rin nya mapapansin yun dahil sa lakas ng music.

**"Nakapatay!"** Sabi ni Calix.

**"Ganto nalang! Hahanapin din namin si Felix! After 30 minutes bumalik tayo dito!"** Sabi ni Mica na sinang-ayunan namin.

Nagkakanya-kanya kami ng lakad. Pati second floor ng bahay napuntahan ko na. Nakita ko pa si Freya na may kahalikang iba.

*Kala ko ba sila na ni Kiko?!*

Patuloy ako sa paghahanap ng may biglang humawak sa braso ko. Sinandal ako sa pader at pilit akong hahalikan.

**"ANU BA?! LUMAYO KA SAKIN!"**

Bigla nalang tumumba yung lalaki at napatingin ako sa kaharap ko. Mukang tinulak sya ni Kiko para mapalayo sakin.

**"Ayos ka lang?!"** Tanung nya sakin.

Nag-nod naman ako. **"S-salamat!"**

Hinawakan nya ko sa kamay at pilit hinatak palayo sa kinatatayuan ko. Bakit parang nawala yung pagkalasing nya?

**"Hindi ka dapat naglalakad mag-isa! Panu kung hindi kita napansin?!"** Sabi nya na may halong pag-aalala.

*Concern pa rin sya sakin?!*

**"Kaya ko sarili ko! Nabigla lang ako dun sa lalaki! Hinahanap ko din kasi si Felix!"**

**"Si Felix? Andun sya... Kasama nung mga ka-team namin! Nag-iinom!"**

Tignan mo yung tao nayon! Kanina pa ko hanap ng hanap nag-iinom lang pala. Tinignan ko yung part na tinuro ni Kiko. Bandang likod at muka kang may nagkaka-siyahan.

**"Tara! Sasamahan kita don!"** Sabi ni Kiko.

Nag-nod naman ako. Habang naglalakad at nakikipag-siksikan inabutan ako ni Kiko ng bote ng alak.

**"A-ayoko! Wala ako sa mood mag-inom!"**

**"Tikman mo lang! Sayang naman tong kinuha ko!"** Pagpipilit nya.

Ayoko sana pero nahiya na ko sa sinabi nya. Sayang nga naman pati effort nya. Tinungga ko yung alak at kung tutuusin hindi naman lasang alak yung inabot nya sakin.

**"Masarap diba?!"**

Ngumiti naman ako at nag-nod. Pero kahit wala pa sa kalahati yung naiinom ko nakakaramdam na ko ng hilo. Hindi ko nalang pinansin dahil na rin siguro sa dami ng tao.

Nakarating kami sa pwesto ng mga ka-team nila. Halos maubos ko na yung laman ng bote at aaminin ko parang tinatamaan na ko ng alak.

Akala ko nagkakasiyahan sila kagaya ng sinabi ni Kiko. Pero ng hanapin ko si Felix nakasandal sya sa pader at halos bumagsak na. Puro pasa at may dugo sa muka.

**"A-anung ginagawa nyo?!"** Sigaw ko at akmang lalapit kay Felix pero nanlambot bigla ang tuhod ako at parang umiikot ang paligid ko.

**"J-jay! U-umalis kana dito! I-ikaw ang target nila!"** Sigaw ni Felix.

Pero wala akong maintindihan. Nabitawan ko na yung hawak kong bote at unti-unti na kong bumabagsak. May naramdaman akong kamay na humawak sa bewang ko.

Pilit kong tinignan yun.

*Kiko!*

Nakangiti sya sakin at parang masaya pa sya sa nakikita nya.

*Yung alak! Hindi lang to basta alak!*

Pilit kong inaalis yung braso ni Kiko na nakayakap sakin pero wala na kong lakas.

**"A-anung n-nilagay mo s-sa alak?!"**

**"Something special... Something that will make you mine."** Bulong nya sakin at narinig ko pang nagtawanan yung mga kasama nya.

Unti-unti ng nagdilim ang lahat at ang huli ko nalang nakita ay yung mga ngiti ni Kiko.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

Ang sakit sa ulo! Ayoko talaga ng mga gantong party. Pero ayokong iwan si Ella sa ganitong lugar.

**"Sayaw tayo!"** Aya nya sakin at pilit akong hinatak sa gitna.

**"Lasing kana! Umuwi na tayo!"**

**"Dito muna tayo!"**

*Tsk!* This is the reason why I don't like Ella to drink. Tumitigas ang ulo nya.

**"Ella! Wag kang makulit!"** Sabi ko at pilit syang hinatak.

Napatingin ako sa isang area ng bahay. Para kasing nakita ko si Jay-jay. Pero imposible, mahigpit ang utos ko na walang Section E sa party na to.

**"Mamaya nalang! Meron daw silang suprise para kay Felix!"** Sabi ni Ella at yumakap sakin.

*Felix? Collins?* Section E ang isang yun. Ibig sabihin, sinuway nila ko at kung andito si Felix, pwede ngang andito si Jay-jay.

**"Tara! May pupuntahan tayo!"** Aya ko kay Ella at pilit syang hinatak paalis.

Sa dami ng tao halos abutin ako ng syam-syam makarating lang sa Garden ng bahay na to.

Pagdating dun, kompleto ang basketball team except sa isa. Where the hell is Kiko?!

**"What is happening here?!"** Tanung ko sa kanila.

Napatingin ako sa lalaking nakalumpasay na sa sahig. Puro dugo at sugat na sa muka.

*Felix! What the fvck?!*

**"Bakit may Section E dito?!"** Galit na tanung ko sa kanila.

**"G-gate crasher ang isang to!"** Sagot sakin nung isa.

**"Where the hell is Kiko?!"**

Natinginan sila at pare-parehong hindi alam ang isasagot.

**"J-jay..."** Dinig kong bulong ni Felix.

Akmang sisipain na sana sya ni Mykel pero pinigilan ko sya. Lumapit ako sa kanya at pinakinggang mabuti ang sasabihin nya.

**"S-si J-jay-jay..."**

I knew it! Andito nga sya! Ang tigas ng ulo ng babaeng yun!

**"Asan sya?!"**

**"K-kiko..."** Bulong nya.

Agad akong tumayo at sinikmuraan si Mykel. Bumagsak sya dahilan para lumayo yung iba.

**"NASAAN SI KIKO? NASAAN SIYA AT ANG PINSAN KO?"**

**"H-hindi kami sigurado... Pero isa sa mga kwarto dito sa bahay yun."** sagot nung isa.

Nag-kuyom ang kamao ko pero bago pa ko makakilos biglang tumigil yung music. Naglisawan din yun mga tao na parang may iniiwasan.

Mula sa hindi kalayuan, kitang kita ko sila. Ang buong Section E na parang may hinahanap. Bago pa sila makalapit samin hinatak ko na si Ella.

*I need to find Jay-jay first!*

**Author's Note:** Si Superman "Eman" Andrada.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 89

**Hero**

***Jay-jay's POV***

*Pain! Pain! Pain! Pain! Pain! Pain! Pain!*

Ang sakit ng ulo ko! Feeling ko pati bungo ko masakit din! Pinilit kong isiksik ang ulo ko sa pagitan ng maraming unan.

Kinapa ko rin sa Snorlax na laging nasa tabi ko. Yun nga lang, hindi ko sya makapa. Napalitan akong ibangon ang ulo ko para makita sya pero hindi ako makakita ng maayos.

Bukod sa buhok kong nakaharang sa pagmumuka ko medyo nahihilo pa ko. Bahagya akong umikot at makahanap ng magandang posisyon.

*Bakit ang dami ko yatang unan?*

Muli kong dinilat ang mga mata ko at bumungad sa 'kin ang puting unan. As in puti na puting puti parang ulap.

*Kelan pa naging puti ang punda ng unan ko?*

Binatak ko yung kumot ko para makapag-talakbong pero inalis ko din agad ng mapansing puting puti din ang kumot ko.

*Grey kaya ang kumot ko!*

Bakit ganito yung punda at kumot? Napatingin ako sa kisame. Kelan pa kami nagkaroon ng chandelier sa kwarto?

Bumangon ako at tinignan ang paligid ko. Kelan pa lumaki yung kwarto ko?----*shit!*

Sa ibang bahay ako natulog?! Anu bang nangyari kagabi?!

*Tang'na! Si Kiko!*

Tinignan ko agad yung sarili ko. Pinakiramdam ko din yung sa katawan ko. Baliktad tong t-shirt ko pero kumpleto naman ang suot ko. Wala ding masakit sakin maliban sa ulo ko.

Anung nangyari sakin? Natuloy ba yung balak ni Kiko? Tumayo ako mula sa kama at hinubad yung t-shirt ko. Banaliktad ko yun at sinuot ulit.

Niligid ko yung kwarto hangang sa natagpuan ko yung banyo. Naghilamos na ko at ang daming bagong toothbrush kaya kumuha na ko ng isa.

Kung sino mang may-ari nito babayaran ko na lang sa kanya mamaya. Matapos kong ayusan ang sarili ko, lumabas na ko at lumapit sa isa pang pinto na tingin ko ay palabas ng kwarto.

Dahan-dahan kong binuksan yun at sumilip. Hindi ako sigurado kung nasa bahay pa rin ako ng ka-team ni Felix-----*shit!*

Si Felix nga pala. Anu na kayang nangyari sa kanya? Sana naman walang nangyaring masama sa kanya.

Naglakad ako sa hallway nitong bahay. *Putcha!* Ang lawak ng hallway! Saan ako susuot dito? Lakad ako ng lakad iisang hallway lang ata ang dinadaan ko.

**"Tsk! Badtrip!"** Sigaw ko at bumalik ulit sa kwartong pinanggalingan ko.

Yun nga lang hindi ko na alam kung aling kwarto. Pare-pareho kasi ang itsura ng mga pinto. Naglakad nalang ulit ako ng naglakad hangang sa matagpuan ko yung hagdan pababa.

*Sa wakas!*

Yayamanin siguro may-ari ng bahay na to. Grand staircase ang dating nitong hagdan. Dinaig ko pa prinsesa sa paglalakad ko.

**"Miss.."**

**"Ay palaka!"** Sigaw ko at halos mahulog ako sa hagdan. Buti nalang at mabilis akong napahawak sa gilid.

**"Okay lang po kayo Miss?"** Sabi nung lalaking tumawag sakin at inalalayan ako sa pagtayo.

**"O-okay lang..."** Sagot ko at inayos yung sarili ko.

Napatingin ako sa lalaking tumawag at tumulong saking tumayo.

*Keifer?!*

Pero parang hindi. Mas bata yung itsura nya at muka syang good boy. Halos magkasing laki lang kami. May suot din syang salamin.

**"Do I have something in my face?"** Tanung nya.

**"Huh?"**

**"Y-your staring at me."**

**"Ay sorry! Kamuka mo kasi si----"**

**"Mark Keifer Watson."**

Napatigil ako. Kilala nya si Keifer? Ay kapatid nya to! Pupusta ako mga bente singco centimo.

**"Kapatid mo sya?"** Tanung ko.

Ngumiti sya sakin at nag-nod. **"Younger brother."**

Ay ang galing! May kapatid ang Kumag na yun. Tinignan ko pa ulit sya, dahilan para mailang na sya.

**"P-please don't do that."** Paki-usap nya

**"Sorry... I just can't believe that Keifer has a younger brother."**

He chuckled. **"Yan ang lagi nila sinasabi. Yung mga classmate ni Kuya."**

*Classmate ni Kuya? Classmate ni Kuya... Classmate----si Felix!*

**"Ay! Kailangan ko ng umalis!"** Sabi ko sa kanya at nagpaunang bumaba ng hagdan.

*Asan ang exit?!*

Sa taranta ko hindi na ko naka-alis sa pwesto ko at niligid ko ang paningin ko. Kayalang hindi ko pa rin makita ang exit.

Kailangan kong puntahan si Felix. Baka napano na sya, baka nilumpo na sya nung mga ka-team nya na kuwaring masaya na nakabalik sya.

Mag animal yung mga yun!

**"Miss..."** Tawag sakin ulit nung kapatid ni Keifer at lumapit sya. **"...If you're looking for my brother and your friends they are all in the basement."** Sabi nya at naglakad palayo.

Sumunod naman ako sa kanya. Baka andito din si Felix.

Pero teka nga! Kung kapatid ni Keifer itong sinusundan ko, ibig sabihin andito ako sa bahay nila Keifer?!

*Holy shit! Ngayon ko lang naisip!*

**"I'm Keigan, you are?"** Tanung nya sakin habang patuloy kami sa paglalakad.

**"Jasper Jean... Jay-jay nalang."**

**"Nice name..."**

Nagpatulog kami sa paglalakad at nakarating kami sa hagdan ulit na pababa. Hindi nga lang sing-bongga ng hagdan kanina.

Pagbaba namin, panibagong hallway na naman. Pero agad kaming huminto sa unang pinto na nakita namin.

Kumatok muna si Keigan bago buksan ang pinto. Pagbukas, bumungad kagad sakin ang billiard table at si Ci-N na akmang ihahampas ang tako kay Eren.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Ci-N at binitawan ang hawak.

Hinayaan ako ni Keigan na makapasok sa loob. Niligid ko agad yung mata ko at nakita ko si Felix na nakahiga sa sofa.

Lumapit ako agad sa kanya.

**"Felix!"** Tawag ko at pinagmasdang ang muka nya.

Namamaga ang isang mata nya, tadtad ng sugat at pasa ang muka. Pati katawan nya mukang may tama din.

Unti-unti nyang dinilat ang mata nya.

**"Hi Jay..."** Sabi nya na halos pabulong.

**"Anong nangyari? Bakit nila ginawa sayo to?"**

**"Oh!"** Singit ng kung sino habang pilit inaabot ang ice bag kay Felix.

Kinuha ni Felix yun at tinignan ko kung sino yung nag-abot sa kanya. Si Keifer kumag.

**"Ginamit nila si Felix..."** Sagot ni Yuri na nasa likod lang ni Felix.

Naka-upo sya sa isang stool sa harap ng parang bar. May baso syang hawak at alam kong alak ang laman nun.

**"Panong ginamit?"**

**"Ikaw ang target nila. Ang target ni Kiko."** Sagot ulit ni Yuri.

Lumapit si Keifer sa kanila at kumuha din ng baso para lagyan ng alak. Umalis muna ko sa tabi ni Felix at lumapit kila Yuri.

**"Anong nangyari kagabi? Tsaka panu ako napunta dito?"** Tanung ko sa kanila.

Nagtinginan sila Keifer at Yuri. Makahulugan ang tingin na yun.

**"Calix texted me... He told me that Felix and you, are at that Party. I ask him what's going on. He explains that you can't find Felix..."** sabi ni Keifer at uminom. **"...I knew that moment that something is wrong so I called everyone to be there."**

Kaya ba andito rin sila Ci-N at Eren. Sandali akong tumingin kay Felix na dinidikit pa rin sa muka nya ang ice bag.

**"Naabutan namin si Kiko sa kwarto. Before he does anything to you, we stop him."** Yuri added.

*Hala!*

Talaga ngang may balak sya sakin. Anu nalang ako ngayon kung natuloy yung balak nya at hindi dumating sila Keifer? Baka na-Denzel and Grace the second ako.

*But wait!*

**"Kung naabutan nyo kami sa kwarto... Nakita nyo kong walang damit?!"** Gulat na tanung ko at agad na pinag-cross ang braso ko para takpan ang dibdib ko.

Taka nila kong tinignan.

**"Wala kaming nakita sayo.."** sagot ni Yuri.

Panong wala? Baliktad yung t-shirt ko nung nagising ako. Alangan naman na sinuot ko yun ng ganun. Syempre magiging ganun yun kung hinubad at sinuot ulit sakin.

**"Pero balik----"**

**"You're being paranoid... We saw nothing."** Sabi ni Keifer.

Baka naman hindi sila yung nagsuot sakin ng tshirt ko. Pwedeng si Kiko, at nataranta lang sya.

*Ay ewan... Basta walang naganap na milagro!*

Panay ang tungga nilang dalawa ng alak. Anong oras naba at nagagawa pa nilang uminom ng ganyan?

**"Bakit ba ang aga-aga nyong tumungga ng alak?"** Tanung ko sa kanila.

**"None of your business."** Sagot sakin syempre ng hari ng mga ulupong.

**"Jay! Si Eren nga oh!"** Dinig kong sigaw ni Ci-N.

Tumingin ako sa kanila at mukang may balak na silang magbalyahan.

**"Puntahan mo muna sila."** Utos sakin ni Yuri kaya lumapit muna ko sa kanila.

Sa totoo lang muka silang stress na stress. Para bang ang dami nilang isipin. Siguro pagod lang sila pareho.

Bago pa ko tuluyang makalapit kila Ci-N at Eren lumingon ako ulit kila Keifer.

**"Keifer! Yuri! T-thank you!"**

++++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

It's 8:00 am and we're already drinking here. Hindi magandang almusal but it makes us clear our minds.

**"Tama ba yung ginawa natin? Parang sinunod narin natin ang utos nya."** I said to Keifer.

**"Hindi natin sinunod ang utos nya. Pabor sakin yung ginawa natin. At least we don't need to explain everything to Jay-jay."** Sagot nya sakin.

Last night is a mess. Napakalaking gulo nun. Halos lahat ata ng kalalakihan nakipag-away samin.

But what surprised me the most is Aries's action.

***Flashback...***

Sa gate pa lang ng bahay mainit na ang tingin samin ng mga tao. Bawal ang Section E sa party na to. We know, ipakalat ba naman sa facebook at twitter sinong hindi makaka-alam nun.

**"Keifer!"** Tawag ni Calix habang tumatakbo palapit samin.

Hatak hatak nya si Mica. Paglapit samin, sandali silang naghabol ng hangin.

**"H-hindi namin makita si Felix and now we can't find Jay-jay!"** Sabi ni Calix.

Sa laki ng bahay at dami ng tao talagang mahihirapan silang hanapin sila Felix at Jay-jay.

**"Pero nakita ko si Kiko... Meron syang buhat-buhat na babae. I'm not sure pero parang si Jay-jay yun."** Dagdag ni Mica.

Napatindig ako ng tayo. *What the hell?!* Kung walang malay si Jay-jay----

**"That son of a b*tch! Meron syang balak kay Jay-jay!"** Galit na sigaw ni Keifer.

Mabilis syang naglakad papasok sa bahay. Agad kaming sumunod sa kanya. Sa dami ng tao mahirap kilalanin isa-isa pero i'm only looking for one specific person.

Mahanap ko lang sya babasagin ko muka nya. Naiisip ko pa lang na hawakan nya si Jay-jay, kumukulo na ang dugo ko.

Tumigil ang music at agad na umiwas ang mga tao samin.

**"ASAN SI KIKO?!"** Galit na tanung ni Keifer sa lahat.

Walang nagsalita pero merong ilan sa kanila na tumuro sa likod ng bahay. Mabilis kaming tumungo don.

Mga player ng basketball team ang naabutan namin. Nakapaligid sila sa isang bagsak na lalaki.

*Drunk person...* This is the first thing that came to my mind but I just realize who is that person.

*Felix!*

**"Si Felix!"** I shout.

Agad na lumapit sila Edrix at Kit kay Felix. Bahagya namang lumayo yung mga walang hiya.

**"May malay pa sya!"** Sigaw nila Kit.

Agad kong tinignan ng masama yung basketball player. **"Anong kahayupan tong ginawa nyo?"**

**"H-He gatecrashed this party!"** Sagot ng isa sa kanila.

Hindi gawain ni Felix ang mag-gate crash! *Fvcking lier!*

**"Section E!"** Sigaw ni Keifer. **"...Siguraduhin nyong wala ng makakapaglaro sa kanila ng basketball!"**

Agad na na-alarma yung mga player. Pero wala kami paki don. Sunod-sunod na lumapit ang mga classmate namin sa kanila at agad silang binigyan ng ultimatum.

Merong lumaban pero wala ding nagawa. Merong nagmaka-awa pero wala kaming awa. Merong sinubukang tumakas pero hindi rin namin pinatakas.

Napatingin kami sa likod ng may nagsigawan. *Shit!* Agad na sumugod samin ang mga tao.

Of course, papayag ba ang mga HVIS na saktan ang mga player nila. Agad akong umiwas ng may nagtangkang suntukin ako.

Agad ko naman syang ginantihan na hindi nya naiwasan. *Knock out!*

**"Yuri! Hanapin nyo si Jay-jay! Kami na bahala dito!"** Sigaw samin nila Rory.

Tinignan ko si Keifer at sumang-ayon din sya sa sinabi ni Rory. Pinilit naming pumasok sa loob kahit halos itulak na kami ng mga tao.

**"Saan mo dadalhin ang isang tao kung may balak ka sa kanya?!"** Tanung sakin ni Keifer.

*Stupid question!*

**"Syempre sa kwarto!"** Mayabang kong sagot.

Then I realize something. Pwedeng sa bedroom dinala ni Kiko si Jay-jay.

Dumampot ako ng isang lalaking susuray-suray na dahil sa kalasingan.

**"Nasan ang bedroom?!"** I ask.

Hindi nagsalita yung lalaki pero tinuro nya yung hagdan paakyat ng second floor.

Binitawan ko sya at agad kaming tumakbo ni Keifer papunta don. Halos sirain na namin lahat ng pinto na makita namin para mabuksan.

Pero napatigil kami ng bigla nalang bumukas ang isang pinto at tumilapon si Kiko. Puro dugo ang muka nya.

Lalapitan na sana namin sya pero kasunod nyang lumabas si Aries. Galit na galit ang itsura nito at saradong sarado ang kamao.

Agad nyang nilapitan si Kiko at pinagsusuntok.

**"Si Jay-jay!"** Sabi ko at akmang papasok sa kwartong pinanggalingan nila.

Bigla nalang tumayo si Aries at humarang sa pinto. **"D-dyan lang kayo!"** Sigaw nya samin at naghabol ng hininga.

**"...W-wala syang damit."** Dugtong nya.

Hinayaan namin syang pumasok sa loob. Kahit madilim at tanging liwanag galing sa bukas na pinto ang gamit nya, pinilit nyang suotan ng damit si Jay-jay.

Ng matapos sya, sinenyasan nya kaming pumasok. Agad akong lumapit kay Jay-jay. Mahimbing ang tulog nya.

**"Anong ginawa ni Kiko?!"** Galit na tanung ni Keifer.

**"Wala pa! He was removing Jay's shirt when I came here."** Sagot ni Aries at naupo sa sulok.

Nanginginig ang kamay nya. Ramdam ko din ang sobrang pagod nya. Sa itsura ni Kiko parang inilabas na nya lahat ng galit na meron sya. Pero hindi nakaligtas sa paningin ko ang mga sugat sa muka nya. It's look like Kiko fight back.

**"Ihahatid na namin si Jay-jay sa inyo. Babalikan namin si Kiko sa ginawa nya."** I said.

Aries shook his head. **"No! Sakin sya magtatanung pag-gising nya! I don't know what to say or explain to her! Take care of her home but please don't tell her that I'm here when you came!"**

I don't understand but it was---i think---the best idea. Hindi ako mapapakali hanga't hindi nagigising si Jay-jay.

Binuhat ni Keifer si Jay-jay na parang sako sa balikat nya. *Seriously?!*

**"Ayusin mo naman yung pagbuhat sa kanya!"** Utos ko pero tinignan lang nya ko ng masama.

Naglakad na kami palabas pero bago pa kami mawala sa paningin ni Aries nagsalita sya.

**"Take care of Jay-jay... Please... Yuri."** He said almost whispering.

I nodded my head and immediately ran to follow Keifer.

***EndOfFlashback...***

**"Aries just proved to me one thing..."** Keifer said while looking at the glass that he was holding. **"...He has a fvcking care for Jay-jay."**

Nag-kuyom ang kamao ko. Hanggang ngayon bakit yun pa rin ang nasa isip nya.

**"Until now... You still think about your plan."** I said.

Keifer look at me seriously. Like he already knows what I mean.

He gripped the glass reasoned for it to crack. **"I always think of it."** Madiin nyang sabi.

*You can't lie to me.*

**"You know what I think?..."** I look at him in the eye. **"This is not just about your plan, your revenge, or your hatred for Aries. This is about something else."**

He looks away and drinks. I've got you now. I know you well Keifer, I know when you are deeply thinking and bothered, I know when you want to say something but hold it and I know when you are guilty.

**"You have feelings for Jay-jay."**

**Author's Note:** Si Joshua "Josh" Venites...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 90

**Brothers**

***Jay-jay's POV***

Nagugutom na ko! Gusto ko sanang humingi ng pagkain pero kanino? Umuwi na kaya ako, kayalang hindi ko alam kung ganu kalayo tong bahay nila Keifer sa bahay namin.

**"Ikaw naman Jay-jay..."** Sabi sakin ni Ci-N at pilit inaabot yung tako.

*Ipukpok ko kaya sa kanya to?*

**"Ayoko! Kayo nalang maglaro!"** Sabi ko at naglakad palayo.

Kanina nya pa ko tinuturuan mag-billiard pero hindi naman ako nakikinig. Nagugutom na kasi talaga ako.

Lumapit ako kay Felix para kamustahin sya. Sabi kasi nila Eren, wag ko daw hahayaan na makatulog sya. Hindi naman nila sinabi kung bakit.

**"Felix..."** Tawag ko sa kanya.

Pinilit nyang idilat yung isang mata nya. Nagsara na kasi yung isa dahil sa pamamaga.

**"Jay..."** Tawag nya sakin. **"...S-sorry ah?"**

**"Bakit ka nags-sorry? Ako nga dapat eh."**

**"A-ako dapat... I-inaya kasi kita. D-dapat nung u-una pa lang, n-naisip ko na yun."**

**"Wag mong isipin yun. Dumating naman sila Keifer para tulungan tayo."**

Nagpilit sya ng ngiti at nilipat ng pwesto yung ice bag sa muka nya. Tinulungan ko syang ilipat yun at bahagyang diniinan.

Biglang bumukas yung pinto kaya napalingon ako. Si Keigan.

**"Kuya... Breakfast is ready and I would like to invite your friends to eat with us."** Formal na sabi ni Keigan.

Tumingin ako kay Keifer para alamin yung sasabihin nya pero nagulat ako ng mapansing dumudugo yung palad nya.

**"Keifer yung palad mo!"** Sabi ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin.

Naglakad sya palabas ng pinto at nilagpasan lang si Keigan. Tinignan ko si Yuri na naiwang nakatayo sa pwesto nila.

**"I'll take that as a *yes.* Please follow me..."** Sabi ni Keigan at akmang aalis na.

**"Keigan!"** Tawag ko sa kanya at huminto sya. **"...Si Felix kasi, hindi sya makakasama samin."**

Tinignan naman nya si Felix at ngumiti. **"I'll send the doctor and my butler here to help him."**

Lumakad na sya ulit at sumunod naman sila Ci-N at Eren sa kanya. Hindi muna ko umalis para may kasama si Felix pero pati pala si Yuri nagpaiwan muna.

**"Sumunod kana sa kanila."** Utos ko kay Yuri.

**"No. I'll stay here with you."**

Hinayaan ko nalang sya dahil alam kong hindi sya papa-awat. Yuri pa, eh parang Keifer din yan.

**"Anu nga palang nangyari kay Keifer?"** Tanung ko sa kanya at lumapit sa bar kung saan sila nakapwesto kanina.

Basag na baso at dugo ang nakita ko. Hindi ako sigurado sa nangyari. Wala naman kasi akong narinig na nabasag.

**"May nasabi kasi akong hindi maganda at pinang-gigilan nya yung baso."** Sagot nya sakin at napakamot sa ulo.

*Hala! Yung secret namin!*

Baka sinabi na nya yung secret namin kaya nagkaganun sya. Baka hindi sya natuwa or ayaw nya.

**"A-anung sinabi mo?"**

**"It's nothing. Don't worry about it."** Mabilis nyang sagot sakin.

May pumasok na lalaking naka-white polo. Nagpakilala syang butler ni Keigan kaya naman iniwan na namin si Felix at sumunod na kila Ci-N.

Nakasunod lang ako kay Yuri. Muka kasing alam nya yung pupuntahan.

**"Ilang taon na si Keigan?"** Biglang tanung ko kay Yuri.

Ang awkward kasi ng atmosphere. Wala kumikibo samin kaya bumabalik sa ala-ala ko yung ginawa nya.

**"14."** Mabilis nyang sagot.

*14? Same age lang kay Ci-N pero halos malagpasan na nya.*

**"Ang bata pa pala nya."**

**"Don't trust him."** Biglang sabi ni Yuri nagpatigil sakin.

**"Why?"**

**"He's a pshychopath."**

*Hala! Delikado si Keigan?*

**"Ibig sabihin.. baliw----"**

**"Not literary psycho... We just call him like that because he acts like one. To make it easy on you, he is the worse version of Keifer."** Paliwanag nya.

So my worse version pala si Keifer. Kala ko sya na yung worst sa lahat. Nagpatuloy kami sa paglalakad hanggang sa makarating kami sa labas kung saan may pool.

*Kala ko ba breakfast?*

Nilibot ko yung tingin ko at nakita ko sila sa Gazibo. Kumakaway kasi sakin si Ci-N habang may subong tinapay.

**"Dito talaga sila nag-aalmusal?"** Tanung ko kay Yuri at naglakad kami palapit sa kanila.

**"Hindi... Pero dito gusto ni Keigan."** Sagot sakin ni Yuri.

Paglapit namin sa kanila, agad na tumayo si Keigan at binatak yung upuan sa tabi nya. Pina-upo nya ko at inasikaso. Ang gentleman ng dating nya.

*Parang hindi naman worse... Muka nga syang good boy version ni Keifer.*

Wala si Keifer at busy naman sa paglamon ang mga luko. Binigyan ako ng pagkain ni Keigan sa plato.

**"Enjoy your breakfast..."** Sabi nya at ngumiti.

Napatingin ako kay Yuri na nakatingin din pala sakin. Umiinom sya ng kape at parang pinakikiramdam si Keigan.

Habang kumakain hindi ko maiwan na hindi magtanung.

**"A-asan pala si Keifer?"**

**"Behind you..."** Mabilis na sagot ni Keigan sakin.

Tumingin naman ako sa likod at naglalakad palapit ang bagong ligo na Keifer. Naka-short lang sya at tshirt, pero meron syang kasunod.

Mas pinabatang version ni Keifer at Keigan. Yun nga lang mas masungit nga lang ang itsura nya.

**"Ang aga mo nagising Keiren."** Pang-aasar ni Keigan dun sa bata.

Keiren pala ang pangalan nya. Pupusta rin ako kapatid ni Keifer to, mga bente singco centimo.

**"Shut up!"** Mabilis na sagot nung Keiren kay Keigan.

*Ay ang sungit!*

Naupo si Keifer sa katapat kong bangko. May benda na yung kamay nya. Pinagmasdan ko sya pero hindi man lang nya ko tinignan kahit sandali.

Napatigil ako ng mapansin ko yung Keiren na nakatingin sakin. Titig na titig sya at halos tunawin na nya ko.

**"So hindi pala bakla si Kuya Keifer..."** Sabi nya dahilan para mabuga ni Keifer yung kapeng iniinom nya.

Bahagya namang natawa sila Yuri na pilit nilang tinago.

**"...he keeps bringing boys instead of girls. So I thought he was gay."** Paliwanag pa nito.

Gusto ko rin sanang matawa kundi lang nakakamatay yung tingin ni Keifer.

**"That's come from the boy who can't even look Yoichi's eye."** Sagot ni Yuri dahilan para matigilan sya at mapangiti si Keifer.

*Yoichi?*

Yung feeling ng hindi ako maka-relate sa sinasabi nila. Kahit kasi sila Eren nakikitawa rin sa pinag-usasapan nila.

**"Speaking of Yoichi... She called me Yesterday, uuwi na raw sya dito because she's missing you."** Dagdag pa ni Yuri.

Bigla nalang namula si Keiren at parang nawalan na ng ganang kumain.

**"S-sino yung Yoichi?"** Tanung ko kay Keigan na syang pinaka-malapit sakin.

**"Yuri's younger sister and Keiren's crush."** Mabilis na sagot nya sakin.

**"Shut up! She's not my crush!"** Galit na sigaw ni Keiren dahilan para magtawanan pa sila.

Oo nga pala. May kapatid nga pala si Yuri na nasa Japan. Hindi ko kasi alam pangalan nun.

Nagpatuloy pa sila pag-aasaran. Nakikitawa lang si Keifer pero hindi sya nagsasalita. Kahit sandali hindi man lang nya ko tapunan ng tingin.

Nakaramdam ako ng lungkot. Kahit nakakatuwa makipag-asaran kila Keigan at Keiren hindi ko maiwasan.

Natapos ang almusal at puro kwentuhan nalang ang ginagawa namin. Nakakalibang at nawala sa isip ko yung oras.

**"Keigan... Anong oras na?"** Tanung ko.

Tinignan ni Keigan yung wrist watch nya. **"It's 9:58am."**

**"Thank you."**

**"May lakad kaba?"** Tanung ni Yuri sakin.

**"Wala naman... Iniisip ko lang kasi si Kuya. Hindi ako umuwi samin, baka hinahanap na nya ko."** Paliwanag ko.

**"Angelo knows that you're here."** Sabi ni Keifer.

*Alam ni Kuya?*

**"Tinawagan namin sya kagabi. We already explain what happen so you don't need to worry about him."** Dagdag ni Yuri.

Okay... Nawala naman yung pangamba ko kahit sandali. Pero iniisip ko din si Aries. Hindi kasi ako nagpaalam sa kanila.

**"So you have an older brother?"** Tanung sakin ni Keigan.

**"No. He's not my brother but an older cousin and as a respect we call him Kuya."** I explain.

**"Really? What is his name?"**

**"Michael Angelo Fernandez."**

**"Ow.. Pinsan mo si Boss?"** Medyo gulat na tanung ni Keigan.

*Boss?*

**"Boss? Bakit Boss ang tawag mo kay Kuya?"**

**"Yun ang tawag sa kanya nila Yuri at Kuya Keifer."**

Napatingin ako kila Keifer at Yuri pero agad silang umiwas ng tingin sakin.

**"You don't know about it? Lagi silang magkakasama dati----"**

**"Keigan."** Keifer cut him.

Makahulugan ang tingin na ibinigay ni Keifer sa kanya. Sandali silang nagtitigan at muling humarap sakin si Keigan.

Ngumiti sya sakin. **"Sorry if i keep asking question."**

**"O-okay lang..."**

Ibig sabihin dating magkakasama sila Kuya. Kaya pala kilala nya si Yuri at Keifer. Pero magkagalit si Aries at Keifer kaya panu sila nagkasama?

Tsaka nung huling pagkikita nila halatang hindi masaya si Keifer. Anu kayang nangyari sa kanila?

Bigla nalang tumayo si Eren at Ci-N.

**"Kailangan ko ng umuwi. Nag-text na sakin si Mama ko."** Sabi ni Ci-N at lumapit sakin. **"...Sasabay kaba Jay?"**

Bubuka pa lang sana ang bibig ko para sumagot pero inunahan ako ni Yuri.

**"Ako ng maghahatid sa kanya."**

**"S-sige... Bye Jay!"** Sabi ni Ci-N at naglakad na paalis.

**"Sasabay na ko sa kanya. Ingat Jay! Bye!"** Paalam ni Eren at sumunod na kay Ci-N.

**"Bye! Ingat kayo!"** Paalam ko sa kanila.

Hindi ko inalis yung tingin ko kila Ci-N at Eren hangang sa tuluyan na silang makaalis.

Sandaling tumahimik ang lahat hangang sa tumayo na rin si Keiren.

**"I'll get back inside. Boring na dito."** Sabi nya at naglakad na rin palayo.

Parang nakikita ko na yung future ni Keiren. Keifer na Keifer kasi yung dating nya. Sana nga lang hindi sya maging Kumag or Ulupong kagaya ng Kuya nya.

Pag-kalayo ni Keiren naglabas ng isang kaha si Keifer. Kumuha sya ng stick at inabot yun kay Yuri. Naunang syang nagsindi bago iabot yun lighter.

*Naninigarilyo pala sila?*

Napataas ng isang kilay si Keifer ng mapansin nyang titig na titig ako sa kanila.

**"You can ask if you want... No need to stare like that."** Sabi nya.

Umiling ako. **"Minsan na kong nag-try nyan at hindi na ko uulit."**

Napatigil si Yuri at parang hindi makapaniwala sa sinabi ko.

**"You do?"**

**"Oo.."**

**"Why did you stop?"** Tanung ni Keigan.

**"Pinaso kasi ako ng boyfriend ko nun nung nahuli nya ko kaya hindi na ko umulit."** Dire-diretso kong sagot na may halong inis.

*Ay teka! Tama bang sabihin ko pa sa kanila yun?*

**"He did what?!"** Inis na tanung ni Keifer.

Dapat yata hindi ko na sinabi. Nag-iba kasi bigla yung mga itsura nila Yuri.

**"N-nag-sorry naman sya agad. Dala lang ng galit."** Palusot ko.

**"You're talking about this Cyrus guy?"** Tanung ni Yuri.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya. Maling mali talaga na sinabi ko pa.

Yung itsura nila Keifer at Yuri parang papatay na ng tao.

*Lagot!*

**Author's Note:** Rory Abejar...

JS
이 현 수
LEE
ldramacollections

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 91

**Exam 2.0**

***Jay-jay's POV***

Yung late mo na nalaman na Exam na pala kinabukasan. Tapos meron ka nalang ilang oras para mag-review then sesermunan kapa ni Kuya Angelo.

*Hayahay ang buhay!*

Late na nga ako nakatulog tapos maaga pa ko ginising. Alam pala kasi ni Kuya na may exam kami ngayon kaya ginising nya ko.

Pagdating sa dining para mag-almusal andun na si Aries at tahimik na kumakain. Nakatitig sya sa lamesa habang ngumunguya.

**"Kumain kana Jay."** Utos ni Kuya habang nagbabasa ng dyaryo.

Umupo ako at kumuha ng pagkain. Hindi ko maiwasan na hindi tignan yung muka ni Aries. Kahit kasi nakayuko sya nakikita ko yung mga pasa nya sa muka.

**"Nakipag-away kaba?"** Tanung ko.

Hindi nya ko pinansin. Patuloy pa rin sya sa pagkain.

**"Yan ang napapala ng hindi nagpapa-alam na pupunta ng Party. Naiipit sa nag-aaway."** Parinig ni Kuya.

Ha? Nagpunta din si Aries sa party at nakisali sa away? Hindi yata nasabi sakin nila Yuri yun.

Ewan! Baka nakisuntok suntok din sya sa mga tao dun. Kumain nalang ako ng almusal, hindi pa ko natatapos ng biglang tumayo si Aries at nagpaalam kay Kuya.

Hindi man lang nya ko tinignan.

*May topak na naman!*

**"Jay... Exam nyo ngayon, i'm expecting the same grade that you had before."** Sabi ni Kuya.

Ay lagot! Hindi naman ako yung nagsagot nung nakaraang exam ko. Ang taas ng nakuha ko dun, hindi naman ako ganun katalino para makakuha ng ganung grade ulit.

Pasagutan ko nalang kaya ulit kay Keifer?

Pagkatapos kumain, nagpaalam na ko kay Kuya at lumakad paalis. Pagdating sa kanto namin, nakita ko si Kuya'ng Blue eye's-----Percy nga pala!

Pero bigla syang sumakay ng kotse at humarurot paalis. Sinubukan ko pa syang habulin.

**"Percy! Sandali!"** Sigaw ko pero mabilis na syang nawala.

*Kainis!*

Marami akong gustong itanung sa kanya. Ngayon pa talaga naisipang makipaglaro ng habulan.

Ang nakakainis pa nito, hinanap ko sya sa facebook, instagram at twitter pero wala! Ang pag-asa ko nalang talaga na makausap sya, kapag nagpakita ulit sya sakin.

Naglakad nalang ako papunta ng school.

Pagpasok ng gate, yung pakiramdam na pinagtitinginan ka at pagbubulungan. Nanainga ako kayalang hindi ko marinig yung bulungan nila.

Dumiretso nalang ako sa room at as usual bumungad ang pagmumuka ni Ci-N.

**"Good Morning!"** Masigla nyang bati.

**"Good Morning din!"** Sagot ko at umupo na sa pwesto ko.

Nilabas ko yung notes ko at pilit nag-review. Kahit kaunti man lang may maisagot ako. Ang problema nga lang walang pumapasok sa isip ko.

Napadukdok ako at mangiyak-ngiyak na tumingin sa kawalan.

**"Walang pumapasok sa isip ko!"** Sabi ko at narinig kong tumawa si Ci-N.

**"Gusto mo pakopyahin kita?"** Alok nya sakin.

Pakopyahin? Eh plakda din kaya ang grade nya nung unang exam. Iniisip ko nga kung accelerated ba talaga sya.

**"Ikaw pa talaga yung nag-alok, eh plakda ka nga nung nakaraan."**

Ngumiti sya sakin. Yung ngiti na lagi nyang binibigay.

**"Matalino kaya ako..."** Pagyayabang nya.

**"Talaga lang ah."**

Sinubukan ko uling mag-review. Ngayon ako nagsisisi sa hindi ko pakikinig nung nagle-lecture yung mga teacher.

Dumating na si Sir dala yung test paper namin. Tinago ko na yung notes ko at naglabas ng ballpen.

Kagaya ulit ng dati, isang exam na para sa lahat ng subject. Pinamigay na yung test paper.

Pagkakuha ko nung akin----*putcha*!

First page pa lang nganga na ko. Hindi ko alam isasagot ko. Sa pagkakataon na to hindi lumabas si Sir kaya wala akong pagkakataon na mangopya.

*Ang lupit ng tadhana sakin!*

Binasa ko ng binasa yung mga tanung at baka may masalit na alam ko yung sagot.

Wala pang 10 minuto nung magsimula kaming magsagot ng biglang tumayo si Ci-N at ipasa yung test paper nya kay Sir Alvin.

*Ang bilis!*

Bumalik sya sa upuan nya at buong ngiting humarap sakin. Kinandatan pa nya ko.

Napangiwi ako. Umandar na naman kasi yung ka-abnormalan nya. Binalik ko yung atensyon ko sa test paper ko. May mga tanong na alam ko yung sagot kaya naman nabawasan yung kaba ko. May magiging points pa naman ako kahit papano.

*Mga 20pts! Hahaha...*

May ilang minuto yung nakalipas at si Yuri naman ang nagpasa ng papel. Sumunod si Keifer at Eman.

*Buti pa sila! Huhuhuhuhu... Naiiyak na ko!*

Yung pakiramdam ng nahuhuli ka sa mga classmate mo. Ayoko kaya nun! Wala akong choice kundi man-tantsa ng sagot. Ini-mini-mayni-mow minsan kapag hirap mamili sa pagpipilian.

Kalahati na ng klase yung nagpapasa. Tinapos ko na yung pagsasagot at pinasa na rin kay Sir yung papel ko. Nakangiti naman nyang tinanggap.

**"Kala ko matutulog ka ulit."** Sabi ni Sir.

*Hala! Alam pala nya yun!*

**"May sakit po ako nun."**

**"Yeah... Sabi nga ni Keifer."**

Sabi nya? Alam ba nyang may sakit ako nung araw na yon? Napatingin ako kay Keifer na busy sa pakikipag-usap kay Yuri.

Bumalik na ko sa upuan ko at hinintay na matapos pa yung iba.

**"Anu gagawin mo kung 100 ang makuha kong grade?"** Tanung sakin ni Ci-N.

*Tss. Asa!*

**"Wala... Hindi ka naman makakakuha ng 100."**

**"Panu nga kung makakuha?"** Pagpipilit nya.

Anu nga bang magandang gawin?

**"Ililibre kita sa cafe malapit samin."** Sagot ko.

**"Ang babaw nyan... Iba nalang."**

**"Papakulayan ko buhok ko."**

**"Sige... Ng hindi kana papasukin dito sa school."**

Ay bawal nga pala may kulay buhok dito. Unless nalang kung natural.

**"Eh anu?"**

Sandaling nag-isip si Ci-N. Malakas ang kutob kong kalokohan tong naiisip nya. Minsan lang mag-isip to sa harapan ko.

Bigla syang ngumiti. Ngiting nakakaloko. *Sabi na eh!*

**"Aaminin mo kung sinong type mo saming lahat."** Sabi nya sakin at pumalakpak pa.

Madali lang sakin yan. Kahit sino pwede ko ituro.

**"...Tapos hahalikan mo sya."**

*Ay punyeta!*

Hindi na pala ako pwedeng magturo ng kahit sino. Parang ayoko na pala.

**"Ay ayoko!"** Mabilis kong sagot sa kanya.

**"Bakit? Natatakot ka?"** Mapang-asar na tanung ni Ci-N.

Umiling ako. **"Hindi no!"**

**"Aminin mo nalang kasi na kaya kong maka-100 sa grade."**

Gusto ko mang maniwala na makaka-100 sya, parang ang hirap maniwala talaga.

**"Ayaw!"**

**"Payag kana sa kasunduan natin?"** Tanung nya sakin.

Kung tutuusin pwede naman akong pumayag at hindi na makipag-kasundo. Pero ayoko! Ma-pride ako! Hindi ako naniniwala sa Ci-N kumag na to.

**"Deal! Pero kapag bokya ka na naman, mag-aaral ka ng mabuti!"**

Ngumiti naman sya sakin at inabot pa yung kamay para makipag-shake hand. Tinanggap ko yun at para kaming business man na nagkamay.

Nakapag-pasa na lahat ng test paper nila. Ibig sabihin, pwede na kaming umuwi.

**"Okay class! Kagaya dati sa main building ipapaskil ang mga grade nyo! Enjoy your sembreak muna."** Sabi ni Sir at sumagot naman ang mga ulupong. **"...Sige! Pwede na kayong umuwi!"**

**"YEEEEEEESSSSSS!!!"** sigaw naming lahat.

Inayos ko na yung gamit ko at lumakad paalis. Sabay-sabay kaming naglalakad. Nakikinig ako sa kwentuhan nila Rory ng bigla nalang may humatak sa buhok ko.

**"MALANDI KA!"** Sigaw ng kung sino.

**"A-aray! B-bitiwan mo ko!"** Sigaw ko habang pilit tinitignan yung nakasabunot sa buhok ko.

*Kingina Freya!*

"*Bitiwan mo nga si Jay-jay!*"

"*Labanan mo Jay!*"

"*Hoy Freya!*"

"*Sige pa! Ayaw pa!*"

Sigaw ng mga ulupong at mga tao sa paligid namin. Sinubukan kong bawiin yung buhok ko pero mahigpit yung pagkakahawak ni Freya. Pakiramdam ko hihiwalay na yung anit ko.

**"Bitiwan mo nga ako!"** Utos ko sa kanya.

**"MALANDI KA! DAHIL SAYO NA-EXPELLED SI KIKO!"** sigaw na naman nya at patuloy sa pagsabunot sakin.

*Pvta! Ang sakit!*

**"Wala akong kinalaman dyan!"**

**"MALANDI KA KASI!"**

Anung connect ng kalandian sa expaltion? Naghanap lang ng masisisi tong si Freya.

Bigla nalang may lumapit saming mga babae. Si Rakki at yung Canvas 1 na laging kasama ni Grace dati.

**"BITIWAN MO SI JAY-JAY!"** Sigaw ni Rakki at pilit inalis yung kamay ni Freya.

Pakiramdam ko makakalbo na yung anit ko sa pagkakahatak ni Freya.

**"Freya! Stop it! She's not worth it!"** Sigaw ni Canvas 1.

Binitiwan nya ko at agad akong nilayo ni Rakki. Lumapit na rin sakin yung mga Ulupong.

Kitang kita ko sa kamay nya yung mga hibla ng buhok ko. Hinawakan ko yung anit ko at-----*ang sakit! Putik!*

**"Impakta ka! Inaano na naman ba kita?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

**"DAHIL SA KALANDIAN MO NA-EXPELLED SI KIKO!!"** Galit na galit na sigaw nya sakin.

**"Na-expelled si Kiko dahil gago sya!"** Sagot ni Rakki sa kanya.

Akala ko tsismis lang yung expelled na yun. Totoo pala talaga! Alam kong yung ginawa nya sakin yung dahilan. Hindi ko nga lang alam kung sino yung gumawa ng paraan para makapag-reklamo at mapa-expelled yung isa ng ganung kabilis.

Nakita kong palapit samin si Aries. Masama ang tingin nya samin pareho ni Freya.

**"Anong nangyayari dito?"** Mahinahon nyang tanung.

Tinignan ko ng masama si Freya pero binalik nya sakin yung tingin na yun. Walang nagsasalita samin hangang sa si Rakki na ang bumagsak ng katahimikan.

**"Sinugod ni Freya si Jay-jay!"** Sabi ni Rakki at sa kanya lumipat yung matalim na tingin ni Freya.

**"DAHIL MALANDI YANG PINSAN MO!"** dugtong naman nung bruha.

**"Hoy! Tantanan mo----"**

**"Jay! Shut up!"** Aries shout and cut me. **"...Pinapalala mo lang yung sitwasyon!"**

*Tang'na!*

**"Ako na naman yung may kasalanan?! Ganun ba?!"** Inis na tanung ko at tinignan ako ng masama. **"...Pati pagtaas ng gasulina sa akin mo na rin isise!"**

**"Could you please----"**

**"Aries naman! Kahit minsan iparamdam mo naman sakin na magpinsan tayo!"** Sigaw ko.

Naramdaman ko nalang na may tumulong luha galing sa mata ko. *Asar!* Napilitan akong lumakad ng mabilis palayo sa kanila. Hindi ako iiyak sa harapan ni Freya o kahit kanino sa kanila.

**Author's Note:** Edrix Knight Peñaflor..

imagazinekorea.co

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 92

**Author's Note:** Picture sa baba... Sorry kung natagalan.. 😉😉

**Halo-halo-ween**

***Jay-jay's POV***

Yung dalawang linggong pahinga. Isa sa lagi kong inaabangan kapag October. Bukod kasi sa pahinga sa pag-aaral, nagkalat din yung mga batang naka-costume.

*At syempre mga Candy at Chocolate...*

Pati pala mga isip batang naka-costume nakakalat din. Parang yung kasama ko ngayon.

**"Suot mo to Jay!"** Sigaw sakin ni Ci-N at pilit pinapasuot yung witch hat.

**"Ayoko!"**

**"Hindi tayo papasukin dun kung hindi mo to susuotin!"** Sabi nya at sinubukan na namang isuot sakin.

Sa inis ko, kinuha ko nalang yung sumbrero.

**"Susuotin ko pagdating don!"** Sabi ko kaya naman tumigil na sya sa pangungulit.

Naglakad na kami papunta sa event na sinasabi nya. Bigla nalang kasing tumawag sakin tong si Ci-N. Meron daw syang pupuntahan at kailangan nya ng kasama.

Dahil wala naman akong ginagawa sa bahay, pumayag ako. Pero ang walang hiya, pupunta lang pala sa isang halloween party.

Naka-costume syang zoro at parang 7 years old na excited sa pupuntahan. Huminto sya sa tapat ng entrance ng isang event. Mukang dito na yung sinasabi nya.

**"Suot mo na Jay!"** Suot nya at ginawa ko naman.

Pinalista ni Ci-N yung pangalan namin at binigyan kami ng sticker tag. Nakasulat yung pangalan namin at pinapadikit samin sa kaliwang dibdib.

Pagpasok sa loob nabawasan naman yung hiya ko ng mapansin kong may mga adult din na kagaya ko. Mukang binatak lang din ng mga alaga nila.

**"Jay-jay! Dito ka!"** Tawag sakin ni Ci at tinuro yung lamesa at upuan na bakante pa.

Medyo maraming tao at bata. Lahat sila naka-costume.

*Ang cute nila...*

Habang pinagmamasdan sila meron akong napansin. Si Ci-N pala ang pinaka-malaki sa kanila! Yung hiya ko kanina na nabawasan, nadagdagan na naman.

**"Ci-N!"** Tawag ko sa kanya. Agad syang umupo sa tabi ko. **"...Anu ba to? Halloween party?"**

**"Oo... Kailangan daw kasi ng gaurdian! Ikaw nalang sinama ko!"** Sabi nya habang nakangiti sakin.

*Gaurdian?*

**"Gaurdian? Yung bata kailangan talaga nun! Pero ikaw hindi na!"** Sermon ko sa kanya. **"...Tsaka ang tanda mo na para sa gantong party! Dapat sayo yung sa mga teenager!"**

**"Ayoko don! Walang candy at chocolate dun! Tsaka pagbigyan mo na ko... Eto na huling chance ko na makapunta dito! Wala kasing pwedeng sumama sakin dati kaya hindi ako makapunta!"** Sabi nya at parang batang nag-puppy eyes at nagpout.

Napakamakot ako ng batok. **"Sige na! Sige na! Mag-enjoy kana sa party mo! Dito lang ako!"**

Pumalakpak naman sya at bigla nalang tumakbo palayo. Nakisali pa sya sa mga naglalaro.

Tinignan ko nalang yung ibang bata ng may makita akong pamilyar na tao.

*Si Keiren ba yun?*

Tinitigan ko pa pero hindi ko parin makita ng maayos. Lakad kasi ng lakad at ang laki ng sumbrerong suot nya.

Biglang may nagsalita sa mic at nag-speech ng kung anu-anu na hindi ko naman maintindihan. Nililigid ko lang yung mata ko ng may nagbaba ng pumpkin basket sa harap ko.

Yung laruan lang at may lamang candy sa loob. Tinignan ko yung nagbigay na naka-sumbrero din ng witch.

**"Anu po ito?"** Tanung ko.

**"Give away po... Lahat po meron."** Sagot nya sakin at umalis na sa harap ko para bigyan pa yung iba.

Sinilip ko yung laman ng basket.

*Chocolate at Candy!!!*

Ako na isip bata, pero inaabangan ko talaga to kapag halloween!

Hinalungkat ko pa yung laman ng basket ng my bigla nalang kumalabit sakin.

**"Childish! That's not for you!"** Sabi nung kumalabit saking bata.

Naka-pang-three masketeer yung costume nya. Ang laki ng sumbrero at halos matabunan na sya. Pinagmasdan ko syang mabuti.

**"Keiren?"**

**"Don't call me by my first name! We're not close!"** Pagsusungit nya.

Bigla nalang sya dumamba sa lamesa at akmang kukuhanin yung pumpkin basket pero nakatayo ako agad at nailayo sa kanya.

**"Akin to!"** Sabi ko.

Pero makulit ang Keiren at pilit tinalon yung basket sakin.

**"That's not meant for you! Give it to me!"**

Ay ang kulit ng batang to! Masarap pektusan yung mga ganito. Matitigas yung ulo.

Lalu ko pang nilayo sa kanya yung basket pero nagulat nalang ako ng may kumuha sa kamay ko mula sa likod.

Agad kong tinignan ng masama yung may gawa non pero natigilan ako ng makita sya ng maayos.

**"K-Keifer?"**

Tumaas ang isang kilay nya at tinitigan ako. Para bang nainis pa sya na makita ako dito.

**"What are you doing here?"** Tanung nya sakin.

**"S-si Ci-N kasi..."**

**"Give it to me Kuya!"** Singit ni Keiren samin at inagaw yung basket kay Keifer pero tinaas na agad nya yun.

**"This is not yours!"** Sigaw nya sa bata.

Tumigil si Keiren sa ginagawa at parang napahiya. Naawa naman ako sa kanya kaya kinuha ko yung basket kay Keifer at inabot sa kanya.

**"Ayan na! Sayo na!"** Sabi ko.

Agad na nagtatakbo si Keiren paalis. Mukang maligawa sa nakuha nya. Humarap sakin si Keifer at akmang magsasalita pero narinig namin si Ci-N na nagtatawag.

**"Jay! Jay!"** Sigaw ni Ci at nagtatakbo palapit sakin.

**"Bakit na naman?"** Inis na tanung ko.

Merong syang yakap yakap na supot na puno ng chocolate at candy.

**"Sya kasi! Inaaway nya ko!"** Sabi nya sabay turo sa kasunod nyang lalaki na masama ang tingin sa kanya.

**"Kasama nyo ba tong bata na to?!"** Galit na tanung nung lalaki samin.

Agad na nagtago si Ci-N sa likod ko. Malakas ang pakiramdam ko na may ginawa na namang kalokohan ang isang to.

**"O-oho.."** sagot ko.

**"Pagsabihan nyo yan! Inagaw nya yung candy ng pamangkin ko!"** Galit na sabi nya samin.

Tinignan ko si Ci-N ng masama. Candy nalang aagawin pa?!

Humarap ako ulit dun sa lalaki. **"Pasensya na po... Kakausapin ko po tong pamangkin ko."**

**"Dapat lang!"**

Sinubukan kong kunin yung supot na hawak na Ci-N. Sa sobra'n dami at bigat nun feeling ko pang-isang taong supply na yung hawak nya.

**"Akin to!"** Pang-aakin ni Ci.

**"Ibalik mo nalang yung kinuha mo sa kanila!"** Utos ko.

Nakasibangot na kinuha ni Ci-N yung isang pack ng candy at chocolate. Inabot nya sakin yun at humarap ako kay Kuya'ng galit na galit ang tingin kay Ci-N.

**"Eto po Kuya... Pasensya na po talaga."** Sabi ko habang inaabot yung isang pack.

Pero hindi tinanggap ni Kuya yun. Nakatingin lang sya sakin at bigla nalang ngumiti.

**"Ibigay mo nalang yan sa kasama mo... Basta papayag kang makipag-date sakin."** Sabi nya.

Napangiwi ako bigla. Anu sya? Date palit candy?

**"Pumayag kana Jay! Akin na yang Candy!"** Sabi ni Ci-N.

*Gago men!*

Ipagpapalit nya ko sa Candy? Hinayupak tong bata na to.

**"Ipagpapalit mo ko sa Candy?!"** Inis na tanung ko.

Ngumiti lang ang Ci-N at sinubukang kunin yung Candy sa kamay ko pero nagulat kami ng may humablot dun.

*Keifer.*

Dinikit nya sa dibdib nung lalaki yung pack nung candy.

**"Keep your candy. She'll never have a date with you."** Sabi nya.

Agad syang tinignan ng masama nung lalaki. Halatang hindi natuwa sa inasta nitong si Keifer.

**"Hindi ikaw ang magde-decide nyan. Sya yung tinatanung ko."** Sagot nung lalaki.

Biglang nagsalubong yung kilay ni Keifer. *Shit!* Mukang magkakaroon pa ng away.

Agad akong lumapit sa kanila at pilit nilayo si Keifer dun sa lalaki.

**"Keifer... Yaan mo na. Ako na kakausap."** Sabi ko pero bigla nalang nya kong hinawakan sa braso at hinatak papunta sa likod nya.

**"If i said '*No*', it's a NO!"** Pilit ni Keifer dun sa lalaki.

Pero hindi nagpapatinag si Kuya.

**"Sino kaba?! Tatay kaba nya?!"** Inis na tanung ni Kuya at tinabig yung candy.

Agad na kinuha ni Ci-N yung pagkakataon para kuhanin yung bumagsak na candy.

**"No... But i'm worse than her Dad."** Mayabang na sagot ni Keifer.

**"K-keifer... Tama na... Pinagtitinginan na tayo..."** Bulong ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin.

Nagpumilit akong makalapit kay Kuya kahit halos baliin na ni Keifer uung braso ko.

**"Boyfriend mo ba to Miss?"** Tanung ni Kuya sakin.

**"H-hindi po Kuya. Pasensya na po, hindi po ako pwedeng makipag-date. Ibabalik ko nalang yung Candy."** Sabi ko at nilingon si Ci-N pero nawala na ang walang hiya.

*Shooooot!!*

**"Wala na yung Candy."** Mapang-asar na sabi ni Kuya.

**"Not a problem! Ibibili kita!"** Singit ni Keifer at parang napikon na si Kuya sa kanya.

**"Ang yabang mo naman!"** Sigaw nito at akmang lalapit kay Keifer pero hinarangan ko na.

**"Mas mayabang ka!"** Sagot naman ni Keifer.

Pwede bang wag na syang magsalita? Kingina! Pinapalala lang nya yung sitwasyon.

**"Wag kayong mag-away dito! Anu ba?! Mahiya kayo sa mga tao dito!"** Sigaw ko at nakaramdam naman sila na pinagtitinginan na kami.

**"Eto kasi! Ang yabang! Kala mo kung sino! Anu kaba nya?!"** Sigaw ni Kuya.

Nag-cross arm si Keifer at halata mong galit na sa nangyayari.

**"She's my wife!"** Inis na sagot ni Keifer.

*She's my wife!*

*She's my wife!*

*She's my wife!*

Putik! Ang puso ko! Wala naman qouta sa pagtibok pero parang may deadline syang hinahabol.

Tinignan ako ni Keifer at hinawakan ang kamay ko. Parang napahiya si Kuya at hinayaan na kaming umalis.

**"Keiren! Ci-N! Let's go!"** Sigaw ni Keifer at agad na tumakbo yung dalawa palapit samin.

Hindi ako makapag-salita. Ayaw ring gumalaw ng katawan ko. Para akong timang na nagpapabatak dito kay Keifer.

Kasi nga... *She's my wife!*

**Author's Note:** Andrew '*Drew*' Mercado...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 93

**Halloween... Jealous?**

***Jay-jay's POV***

Sa tagal ng nilakad sa bench din pala ang bagsak. Bwisit kasi tong Keifer na to! Kung saan saan kami dinala tapos biglang haharap samin at magtatanong ng '*Saan nga ulit tayo pupunta?*'

**"Gusto mo Jay?"** Alok sakin si Ci-N.

Umiling ako. Ayoko ng Candy, kanina gusto ko pero hindi na ngayon. Eto kasing Hari ng mga ulupong. Bigla nalang nagkaroon ng impact sakin yung sinabi nyang-----aaarrrgggghhhh!!!

*Wag mo ng isipin! Baka matuliro ka naman!*

**"Tss."** Biglang sabi ni Keifer.

Napapanu to? Wala naman akong sinasabi sa kanya. Nababaliw na ata talaga sya.

Napatingin ako kay Keiren na nakikipag-mayabangan kay Ci-N ng nakuha nilang Candy at Chocolate.

**"Bakit ikaw yung kasama ni Keiren?"** Tanung ko.

Umayos sya ng upo sa bench at bahagyang tumingala.

**"Ayaw ni Keigan... Sabi ko mag-stay nalang sya sa bahay at bibilan ko nalang sya ng Candy at Chocolate pero syempre... Hindi sya pumayag. So, here i am."** Bored nyang paliwanag.

Aminin! Hindi natiis si bunso kaya sinamahan nalang. *Tsk!*---Naalala ko na naman yung Kuya ko. Ganyan din kaya sya sakin pagnagkataon.

**"Ikaw? Why are you here with Ci-N?"** Tanung nya sakin.

Pinaliwanag ko sa kanya yung pagtawag sakin ng mokong. Wala naman syang reaksyon habang nakikinig sakin.

**"...So, here I am."** Pang-gagaya ko sa sinabi nya.

Hindi na sya sumagot. Nakatahimik lang sya kaya naman tumahimik nalang din ako.

Dumidilim na ang langit, pagabi na kasi. Dapat makauwi na kami nitong mga to. Lalu na si Keiren, hindi sya pwedeng gabihin sa daan.

Sa hindi kalayuan nakakarinig kami ng malakas na music. Para bang may party.

Bigla nalang tumayo si Keifer.

**"Let's go there."** Sabi nya.

Hindi ako tumayo. Hindi ko kasi maintindihan ang sinasabi nya. Inaaya nya ko sa kung saan.

Hinawakan nya ang kamay at nagsimula na naman syang hatakin ako.

**"Aray! Teka!"** Reklamo ko pero hindi nya ko pinansin.

Nakasunod lang samin si Ci-N at Keiren. Halos madapa ako dahil sa kanya. Ang bilis nya kasing maglakad.

Huminto kami sa tapat ng isang entrance ng isang event. Puro disenyo ng mga pang-halloween. Mukang dito galing yung malakas na music na naririnig namin.

**"Aano tayo dito?"** Tanong ko kay Keifer.

Hindi nya ko sinagot. Hinatak na naman nya ko palapit dun sa table sa tabi ng entrance.

Hindi ko na naintindihan yung mga tinanung ni Keifer dun sa tao sa may table. Nilingon ko sila Ci-N at Keiren na takang taka sa nangyayari.

Humarap si Keifer samin. **"Let's go inside."**

Ayoko talaga. Hindi ko kasi maintindihan tong Hari ng ulupong. Siguro may kung sinong ispirito na naman ang sumapi sa kanya.

Sinenyasan ko sila Ci-N na lumapit samin. Sumunod naman yung dalawa. Pagpasok sa loob parang halloween party lang din na pinang-galingan namin. Except sa pang matanda ata tong napuntahan namin.

**"Umaano ba tayo dito?"** Tanung ko kay Keifer.

**"Nab-bored na kasi ako."**

Aning talaga tong lalaki na to! Masarap ding kutusan parang yung kapatid nya.

Madaming tao sa loob na naka-costume. Puro mga teenager at kanya-kanya sila ng kausap.

**"Hi!"** Bati ng kung sinong babae kay Ci-N.

Ngumiti naman sya at kumaway pa. Isumbong ko kaya kay Rakki to?

**"Ang cute mo naman!"** Sabi nung isang babae kay Keiren.

Dahil likas na masungit, nilayuan lang nya yung babae.

Parang gusto ko na talagang umalis dito. Para kasing nakikita ko yung party na naganap sa bahay ng ka-team ni Felix. Hindi nga lang kasing wild nun yung party na to.

Mild lang tong isa na to at maganda yung music.

**"Kuha lang akong drinks."** Sabi ni Keifer at bigla nalang nawala sa paningin ko.

Nilingon ko sila Keiren na nasa likod ko dapat pero nawala din sila.

*Hala! Eto na naman!*

Niligid ko yung mata ko at hinanap yung mga kasama ko pero sa dami ng tao hindi ko sila makita. Ayoko namang umalis sa pwesto ko at baka magkasalisihan kami.

**"Hi Miss! Your alone?"** Tanung ng isang lalaki sakin.

Naka-costume syang superman. Todo smile pa sya sakin. Magsasalita na sana ako pero inunahan ako ng kung sino.

**"She's not. She's with me."**

Tinignan ko yun ng maayos. Naka-puting maskara lang sya. Umalis yung lalaking lumapit sakin kaya naman nakita ko ng maayos yung nagsalita.

**"Hi! Nice to see you here."** Sabi nya.

Hindi ako makasagot. Hindi ko naman kasi sya makilala. Hanggang sa tinamaan ng disco light yung muka nya at kahit naka-maskara nakita ko yung mata nya----Kulay Blue.

**"Percy?"**

Ngumiti sya at napahimas ng batok.

**"...A-anong ginagawa mo dito?"** Medyo gulat pero masaya kong tanong.

Ang tagal ko syang hinanap, ang dami kong tanung sa kanya.

**"A very very long story."** Sagot nya sakin.

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Ayokong sayangin yung oras. Baka matagalan na naman bago kami ulit magkita.

**"P-percy... Pwede ba kong magtanong sayo?"** Sabi ko.

Ngumiti sya sakin. **"Nagtatanung kana."**

Bahagya ko syang tinignan ng masama. **"Seryoso ako."**

Nawala yung ngiti nya at naging seryoso din sya. Hinawakan nya yung kamay ko na muntik ng magpaiktad sakin. Sobrang lamig ng kamay nya.

**"I know you have a lot of questions. But save those for the future. I can't answer anything right now."** Paliwanag nya.

**"P-pero bakit?"**

Kinuha nya yung cellphone sa bulsa nya.

**"I can't tell you... Give me your number and I will contact you as soon as possible."** Sabi nya.

Kahit naguguluhan ako kinuha ko yung cellphone nya at nilagay yung number ko. Binalik ko yun sa kanya, sandali syang nagpipindot sa phone nya at humarap sakin.

**"Kapag pwede na, tatawagan kita."** Sabi nya sakin at bigla nalang nya kong hinalikan sa noo.

Nagulat ako, bigla nalang akong hindi nakagalaw at hindi ko na namalayan na naka-alis na pala sya.

**"Hey..."** Tawag sakin ni Keifer na nagpabalik sakin sa ulirat. **"Who is that guy?"** Tanung pa nya.

Hindi ako makasagot. Hindi ko kasi alam kung anong dapat kong sabihin. Ibibigay ko ba yung pangalan nya?

Bigla nalang nag-iba yung music. Nagtakbuhan yung mga tao sa gitna at dun ko lang nakita si Ci-N na nakikipag-sayaw sa mga babae.

**"Dun muna tayo."** Turo ni Keifer sa isang table.

Sumunod naman ako sa kanya. Inabutan nya ko ng beer in can. Ayoko sanang tanggapin kasi nga nakakadala yung kay Kiko pero pakiramdam ko kailangan ko to ngayon.

**"Don't worry it's close. I didn't put anything on it."** Sabi nya sakin bago ko tanggapin yung beer.

Agad kong binuksan yun at uminom. Napaka-paet ng lasa pero ganun talaga.

Hindi mawala sa isip ko si Percy. Bakit hindi pwede ngayon? Minsan na nga lang kami magkita eh. *Asar!*

**"Sino yung kausap mo kanina?"** Tanung ulit ni Keifer.

**"Wala yun... Kala ko kakilala ko."** Bored kong sagot.

Nag-nod lang sya at uminom ng hawak din nyang beer. Pinapanuod namin si Ci-N na busy sa pakikipag-kulitan sa mga babae.

Tapos bigla kong naisip si Keiren.

**"Asan pala si Keiren?"** Tanung ko kay Keifer.

Hindi sya sumagot pero tinuro nya yung isang table na puro bunny girls. Nakapalibot sila kay Keiren at pinapakain sya ng Candy at Chocolate.

**"Hindi mo ba pupuntahan yung kapatid mo?"**

Umiling si Keifer. **"Hindi na... Kahit mukang masaya dun dito nalang ako."**

*Mukang masaya...*

**"Edi dun ka nalang... Masaya pala dun."** Halos pabulong kong sabi bago uminom.

Bahagyang ngumiti si Keifer at parang kinainis ko yun.

**"Sure ka? Pupunta talaga ko don. Nag-uumpisa na kong mainggit kay Keiren."** May halong pang-aasar yung boses nya.

*Nanadya ba sya?*

**"Edi dun ka! Maki-siksik ka sa mga bunny girls na yan!"** Inis na sabi ko sa kanya.

Bigla nalang syang tumawa. **"Hindi na... Nagagalit kana eh."**

**"Hindi! Okay lang sakin... Dun ka nalang."** Mahinahon kong sabi pero parang sarcastic ang dating.

Tumawa na naman sya at parang nang-iinis pa nya kong tinignan.

*Impakto!*

May babaeng bigla nalang lumapit kay Keifer. Naka-sexy bunny costume din sya.

**"Hi!"** Bati nito sa kanya. **"...Kanina pa kasi kita tinitignan. Gusto ko lang sanang makipag-kilala."**

Sandaling tumingin sakin ang WALANG HIYA bago muling humarap dun sa babae.

**"Sure! I'm Keifer!"** Naka-ngiting sagot nya sabay lahad ng kamay.

Tinanggap naman yung ng BAGONG BABAE habang nakangiti ng wagas. Natungga ko nalang ng di-oras yung beer na hawak ko dahil sa inis.

*Bakit ba ko naiinis?!*

Nag-usap pa sila pagkatapos magpakilala. Kung ano-anong tinatanung nitong BABAITA na to at sagot naman ng sagot tong IMPAKTO!

*Papakilala lang daw tapos tagal mag-usap! Tuwang tuwa naman tong Hari ng mga Ulupong! Malandi rin!*

Pinag-mamasdan ko lang sila. Bahagya silang magtatawanan at may pahampas-hampas pa tong BABAENG HALIPAROT sa braso ng LALAKING TALANDE!

*Pabebe naman tumawa!*

Kung ano-ano pang pinag-uusapan nila hanggang sa nag-iba yung music. Nag-sway sway yung BABAENG MAKATI at parang inaaya yung LALAKING HAMBOG sa dance floor.

*Kembot pa! Mas magaling pa yata ako sumayaw sayo!*

Lumapit sila sakin at hinarap ako.

**"Tara Jay! Sayaw tayo!"** Aya sakin ni Keifer.

*Gago ata to?*

**"Ayoko! Kayo nalang!"** Sagot ko habang umiiling.

Pero hindi ata nakaka-intindi tong lalaki na to ng salitang '*Ayoko*'. Bigla nalang akong hinatak hanggang sa gitna ng Dance floor kung saan maraming tao.

Ako lang yung hindi gumagalaw. Si Keifer nakikisayaw na dun sa babaeng nakilala nya. *Kingina!* Nagiinit yung mata ko!

Nakisayaw-sayaw nalang din ako. Hindi ko maiwasan na hindi tignan yung dalawa. Panay kasi ang dikit nitong BABAENG HALIPAROT sa katawan ng HARI NG MGA PESTENG ULUPONG!

*Iiihhhkkkk!! Kainis!*

Sa sobrang inis, yamot at banas ko, dinaan ko nalang sa sayaw. Todo bigay ako at wala akong paki kung pagtawanan ako ng mga tao. Sayaw lang ako ng sayaw hangang sa meron akong nabunggo pero hindi ko pinansin.

*I'm busy dancing! Woooohhhhh!*

Sayaw pa rin ako. Meron akong naramdaman na humawak sa baywang ko mula sa likod. Hinayaan ko lang sya at sayaw pa rin ako.

Naiinis kasi talaga ko sa hindi ko maintindihan na dahilan. Basta feel kong ibuhos yung inis ko!

*Mananampal ako ng Bunny!*

**Author's Note:** Kit Harington

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 94

**Halloween... Date?**

***Jay-jay's POV***

Kanina pa ko sumasayaw at kanina ko pa rin napapansin. Nakakahalata na ko!

Alam kong sumasayaw yung kung sinong nasa likod ko. Ang hindi ko lang maintindihan kung bakit nakahawak pa rin sya sa bewang ko. Sinubukan kong humiwalay pero nagulat ako ng hapitin nya ko palapit sa kanya at bumulong.

**"Sobrang likot mo sumayaw."** Bulong nya na nagbigay ng kakaibang kilabot sakin. **"...Binunggo mo yung kasayaw ko."** Dagdag pa nya.

Papalag na sana ako para maka-alis sa pagkakahapit nya pero bigla nya kong iniikot paharap sa kanya. Dun ko lang nakita ng maayos kung sino sya.

Tama ang kutob ko. Si KEIFER MALANDI lang pala. Nakayakap na sya ngayon sa bewang ko. Hindi ako makagalaw at mukang naistatwa na naman ako.

**"A-asan yung kasayaw mo?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"Binunggo mo, kaya umalis nalang."** Sagot nya sakin.

Niligid ko yung mata ko para hanapin yung babae. Nakita ko syang nakaupo sa isang sofa at masama ang tingin sakin.

*La! Hindi ko naman sadya yun!*

Mukang sya yung nabunggo ko kanina ng hindi ko namamalayan. Sinubukan ko ulit na humiwalay kay Keifer at nagawa ko naman.

**"Tawagin mo na yung kasayaw mo."** utos ko sa kanya.

*Dun ka nalang sa kasayaw mo.*

**"Ayaw mo ba kong kasayaw?"** Mapang-asar na tanung nya sakin.

Inirapan ko naman sya. Filingero tong Hari ng mga Ulupong na to. Kala mo naman.

**"Hindi na! Kahiya sa kasayaw mo!"** Inis na sagot ko.

Bahagyang tumawa ang luko at lumapit sakin. Hinawakan nya yung kamay ko sinayaw-sayaw akong parang bata.

Muka kaming timang sa ginagawa nya pero okay lang. Dance floor naman to, kanya-kanya kami ng steps sa pag-sayaw.

Yung totoo, natatawa na ko sa ginagawa nya sakin. Para kasing hindi ako marunong sumayaw at kanailangan ko pa ng tulong nya.

**"Tama na nga... Muka na tayong timang."** Sabi ko pero hindi tumigil ang Keifer.

**"I don't want to... I'm still dancing with you."**

**"Tsk! Keifer..."**

**"Kung titigil ko ba to... You'll dance with me?"** Nakakalukong tanung nya.

Wala naman sigurong masama at isa pa andito na kami. Pagbigyan na ang kumag bago topakin.

**"Oo na!"** Sagot ko sa kanya at binitawan nya ko.

Bumalik kami sa pagsasayaw at todo bigay na naman ako. Bahala na kung sinong mabunggo ko naman. Sinasabayan ko pa ng kanta habang sumasayaw. Feeling na ikaw lang yun tao sa dance floor.

Naramdaman ko naman yung kamay sa bewang ko. Tinignan ko yun at nakita ko si Keifer. Hinayaan ko nalang sya at baka nalilikutan sya sakin kaya nya ginawa yun.

Sayaw pa rin kami ng bigla nalang akong iikot ni Keifer paharap sa kanya habang nakahawak pa rin sa bewan ko kagaya kanina.

**"Ganyan kaba talaga kalikot sumayaw?"** Natatawa nyang tanung.

**"Dipende sa music."**

**"Tss."** Sabi nya habang nakangiti.

*Hala!*

Eto yung unang beses na sinabi nya yun habang nakangiti. Madalas yan laging galit o kaya naman inis na inis sakin.

Paulit ko kaya sa kanya para marecord ko. Sayang yung pagkakataon.

Nakahawak pa rin sya sa bewang ko at nakatingin sakin. Umiwas ako, kakaiba kasi. *Nakaka-kaba!* Bigla nalang nag-iba yung kanta at napalitan ng slow.

Haharap sana ako kay Keifer pero ramdam kong ang lapit lang ng muka nya sakin. Ang init ng hininga nya pero komportable sa pakiramdam.

**"Care to continue dancing?"** Tanung nya sakin.

*A-ayoko na!*

Ang wierd kasi ng pakiramdam ko. Ayoko ng mga ganitong sayawan. Hindi ako handa sa mga ganito.

Dahil hindi ako nagsasalita at gumagalaw. Bumitaw si Keifer at hinawakan yung dalawang kamay ko. He place it around his neck.

*Matagal tagal ding nawalan ng gana*
*Pinagmamasdan ang dumaraan*
*Lagi nalang matigas ang loob*
*Sabik na may maramdaman*

Napatingin ako sa kanya. **"K-keifer..."**

**"Andito na tayo... Sulitin na natin."** Bulong nya sakin.

Binalik nya yung pagkakayakap sa bewang ko. Nagsimula syang gumalaw kaya naman sumunod ako.

*Di kaman bago sa paningin*
*Palihim kang nasa yakap ko't lambing.*
*Sa bawat pagtago, hindi mapigilan ang bigkas ng damdamin*.

Ayokong tumingin sa mga mata nya. Natatakot ako. Natatakot akong baka hindi ko na alisin ang pagkakatingin don.

Nakayuko lang ako at pinapakinggan yung kanta. Ngayon ko lang to narinig pero nakakadala. Bahagyang idinikit ni Keifer yung ulo nya sakin. Medyo nagulat ako pero aaminin ko kakaiba sa pakiramdam.

*Walang sagot sa tanong kung bakit ka mahalaga*
*Walang papantay sayo*
*Walang sagot sa tanong kung bakit ka mahalaga*
*Walang papantay sayo*

Kusa nalang gumalaw ang mga kamay ko at hinigpitan ang yakap sa kanya. Sinandal ko rin ang ulo ko sa leeg nya. Ang bango ng amoy nya. May naamoy akong sigarilyo pero mas nangingibabaw yung amoy ng katawan nya.

*Kung may darating man na umaga*
*Gusto kita sanang muling marinig*

*Marinig*
*Ngiti mo lang ang nakikita ko*
*Baguhin man ang silid*

Natatakot akong bumitaw. Ayokong matapos yung kanta at kung pwede lang ihinto na yung oras. Ganito nalang kami bago bumalik yung sapi sa utak ng kumag na to.

*Walang papantay sayo.*
*Maging sino man sila.*
*Ikaw ang araw sa tag-ulan*
*At sa maulap kong umaga.*

Hindi ko na itatanggi. Kakaiba na yung nararamdaman ko para kay Keifer. Pero kasabay ng pag-amin ko sa sarili ko yung takot. Takot sa maraming bagay.

*Walang sagot sa tanung kung bakit ka mahalaga*
*Walang papantay sayo*

Bigla nalang sinabayan ni Keifer yung kanta dahilan para mas bumilis pa ang tibok ng puso ko. "***Walang sagot sa tanung kung bakit ka mahalaga Walang papantay sayo, maging sino man sila.***"

Natatakot akong ipaalam sa kanya. Natatakot ako kapag nalaman nya yung nakaraan ko. Natatakot ako baka gusto din ako ni Yuri at maulit yung nangyari sa kanila. Natatakot ako na baka gusto rin nya ko. Pero mas natatakot ako na baka ma-reject ako.

Lalong lumalakas at bumibilis yung tibok ng puso ko. Ayokong marinig nya yun kaya naman bahagya akong lumayo pero laking gulat ko ng bigla nyang hawakan ang batok ko at itulak ako palapit sa kanya.

*Nakakabingi!*

Hindi ng music kundi ng tibok ng puso ko. Sya lang ata ang nakakagawa nito sakin. At sya lang din ang humalik sakin na nagpayanig sa buo kong pagkatao.

Sinubukan kong pumalag, ayokong mahuli nya yung nararamdaman ko sa kanya. Pero naging dahilan lang yun para lalu nyang laliman ang halik sa akin.

Unti-unti nyang ginalaw ang labi nya. Parang may sariling isip ang labi ko at sumabay sa pag-galaw nito. Hindi kapareho ng ginawa ni Keifer sakin dati sa P.E, yung halik nya ngayon. May kakaiba.

*Walang sagot sa tanung*
*kung bakit ka mahalaga*
*Walang papantay say*o

*Walang sagot sa tanung*
*kung bakit ka mahalaga*
*Walang papantay sayo*
*Maging sino man sila*

*Walang sagot sa tanung*
*kung bakit ka mahalag*a
*Walang papantay sayo*
*Maging sino man sila*

*Walang sagot sa tanung*
*kung bakit ka mahalag*a
*Walang papantay sayo*
*Maging sino man sila*

*Walang sagot sa tanung*
*kung bakit ka mahalag*a
*Walang papantay sayo*
*Maging sino man sila*

Bahagya syang humiwalay kaya naman kinuha ko yung pagkakataon para maghabol ng hininga. Gusto kong magsalita sya, gusto kong sabihin nya ang ibig sabihin ng ginawa nya. Pero nanatili syang tahimik.

**"Eewww... Kuya, why did you kiss that girl?"**

Pagkasabi ng kung sino non. Reality slap us so hard. Naglayo agad kami ni Keifer at napatingin sa ibang direksyon.

Nakita ko si Ci-N, nakatingin sya sakin at nakangiti ng nakakaloko. *Shit!* Nawala sa isip kong kasama namin sya, syempre makikita nya yung ginawa namin.

**"Let's go home Kuya."** Aya ni Keiren.

Mukang sya rin yung nagsalita kanina bago kami maglayo ni Keifer.

**"Y-yeah... L-let's go home."** Naiilang na sagot nya.

Biglang naging awkward yung awra sa pagitan naming lahat. Hindi ako makatingin kay Keifer.

**"U-uuwi na rin k-kami ni Ci-N."** Sabi ko bago maglakad palapit sa lukong wagas kung makangiti sakin.

**"Nakita ko yun..."** Bulong nya sakin.

Tinignan ko sya ng masama. *Kainis!*

Hinatak ko na si Ci-N papunta sa exit ng event. Sakto namang paglabas namin yung paglabas nila Keifer.

Nagkatinginan kami. Agad akong umiwas at sinenyasan silang mauna na.

**"M-mauna na kayong lumabas."** Sabi ko.

**"N-no... Y-you go first."** Sagot nya sakin.

Bigla nalang lumakad si Keiren at Ci-N palabas.

**"Lalabas nalang dami pang arte."** Bulong ni Keiren pero obvious naman na pinaparinig.

Hindi na kami nagsalita. Sumunod na kami dun sa dalawa. Dahil wala naman kaming sasakyan, didiretso sana kami ni Ci sa sakayan ng taxi.

**"J-jay..."** Tawag sakin ni Keifer. **"...S-sumabay na kayo samin."**

*A-ayoko...*

Gusto kong tumanggi, kasi nga.... BASTA KASI NGA! Pero ang kolokohan ng Ci-N bigla nalang naglakad palapit kila Keiren.

**"Sumabay na tayo... Mahirap ng sumakay ng gantong oras."** Sabi nya.

Hindi yata nakakahalata ang batang to! Pero tama naman sya, ginabi na kami kaya mahirap ng sumakay.

Kaya kahit ayoko. **"S-sige."**

Naglakad na kami papunta sa parking. Ibang kotse yung dala ni Kiefer. Hindi kagaya nung lagi nyang ginagamit.

Binuksan ni Keiren yung passenger seat para sana sumakay pero bigla nalang binitbit ni Ci-N yung bata at pilit sinakay sa backseat.

**"Dito tayo!"** Sabi pa nya at pilit ipinasok si Keiren sa backseat.

Kahit si Keifer naguluhan din sa ginawa nya.

*Naku Ci-N!!*

Napilitan akong sumakay sa passenger seat. Sa bintana lang ang tingin ko.

Tahimik lang kami. Walang kumikibo at tanging ang paghilik lang ni Keiren ang musika na naririnig namin. Nakatulog na kasi sya.

Si Ci-N ang unang hinatid namin. Kala ko pagbaba nya magsasalita na si Keifer. Pero naging tahimik pa rin sya. Tikom ang bibig at sa daan lang ang focus nya.

Pagtapat sa gate namin. Hindi ko alam kung baba na ba ko o magpapasalamat muna. Hindi ako makagalaw at gusto ko sanang marinig ang sasabihin nya.

**"J-jay.."** basag ni Keifer sa katahimikan. Hinintay ko yung sasabihin nya. **"...A-andito na tayo sa inyo."**

*Pfffttt... Alam ko! Wala kana bang ibang sasabihin?*

**"Ahh.. o-oo nga. S-salamat sa paghatid."** Sabi ko at akmang bubuksan na yung pinto ng marinig ko syang parang bumulong. **"A-anu yun?"**

**"Ha?"** Taka nyang tanung.

**"Ha?"** Balik kong tanung.

**"Anu yun?"**

**"A-akala ko may sinabi ka."** Sagot ko.

**"W-wala.."**

Nag-nod nalang ako at tuluyan ng binuksan yung pinto para lumabas. Pagsara ko, bigla nalang lumabas si Keifer at tinignan ako.

**"G-goodnight..."** Sabi nya.

*Bumaba ka lang para mag-goodnight?!*

**"Goodnight din."** Balik ko sa kanya.

Naglakad na ko papasok sa gate. Pagbukas ko, nagulat nalang ako ng may humawak sa braso ko at pihitin ako paharap sa kanya.

*La! Bakit na naman?!*

**"A-anu... K-kasi..."** Sabi ni Keifer.

*Sabihin mo na...*

**"May problema ba?"** Tanung ko.

Bigla nalang nya kong hinalikan ng mabilis sa noo at nagtatakbo pabalik sa kotse nya. Agad nyang pinaharurot yun paaalis.

Naiwan akong naka-tanga at naka-nga-nga.

*Pvta! Kakaiba magpakilig tong kumag na to!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 95

## Flashlight

***Jay-jay's POV***

Yung ilang araw ka ng hindi makatulog sa hindi mo maintindihan na dahilan. Wala ka namang iniisip na kung anu basta hindi ka lang makatulog.

Kagaya ngayon, gustong gusto ko ng matulog pero hindi ako makatulog. Wala naman akong ibang iniisip.

*Talaga ba?*

Oo na! Meron na!

Kainis kasi tong Hari ng mga Ulupong! Lakas maka-baliw at maka-aning. May *sometimes* na yata ako sa utak.

Kinuha ko yung phone ko at pinanuod ulit yung video. Yung performance nila Keifer nung Festival. Gusto ko lang panoorin tapos papatayin ko na ulit.

Kung DVD lang to, gasgas na to sakin. Ilang araw ko na kasi tong ginagawa. Bigla nalang tumunog yung phone ko at lumabas yung battery low sign.

*Pvta! Ngayon pa talaga!*

Napilitan akong tumayo at kuhanin yung charger nitong PESTENG CELLPHONE na to. Ngayon pa talaga sya na-lowbat? Pagka-saksak ko bigla nalang namatay lahat ng ilaw at pati AC namatay din.

*Walang kuryente?!*

**"Aba!"** Sabi ko.

Napilitan akong bunutin yung charger. Anu pa nga bang gagawin ko? Edi tumanga, hindi ko na mapapanood yung video. Gusto ko pa namang mapanuod.

*Asar naman!*

Pero hindi ako nawawalan ng pag-asa. Merong bagong gudget ngayon na tinatawag nilang Power Bank. Wala nga lang ako nun.

Meron lang akong kilalang meron. *Si Aries!*

Dahan-dahan kong binuksan yung pinto. Naririnig ko yung boses nila Aries at Kuya Angelo sa sala kausap yung mga maid.

Naglakad ako papunta sa kwarto ni Aries. Nakabukas yung pinto, sa study table nya ko unang lumapit. Kailangan kong bilisan ang kilos ko. Ayaw nya ng pinakiki-alaman yung gamit nya.

*Tepok lamok kapag nahuli!*

Dahil madilim, wala akong masyadong makita. Liwanag lang kasi galing sa emergency light yung ginagamit ko na nasa labas pa ng kwarto ni Aries.

Hanap lang ako ng hanap hangang sa may liwanag na tumapat sa study table ni Aries. Natigilan ako, katapusan ko na kasi.

Napalingon ako sa ilaw na nasa likod ko. Galing yun sa flashlight sa phone na hawak-hawak ni Aries.

Kahit madilim alam kong masama ang tingin nya sakin.

**"Labas!"** Sigaw nya.

**"T-teka lang... Peram ako nung power bank mo."** Paki-usap ko.

**"Ayoko!"** Mabilis nyang sagot at bigla nalang akong tinulak palabas ng kwarto nya.

Naglakad akong bigo pabalik sa kwarto ko pero huminto ako. Yayamanin si Kuya Angelo, alam kong meron sya nun.

Tumakbo ako papunta sa sala kung saan ko naririnig yung boses nya.

**"Kuya..."** Tawag ko sa kanya. **"...peram naman akong powerbank mo."**

**"Naiwanan ko sa office."** Mabilis nyang sagot.

*Naku naman!*

**"Ay.."** sabi ko at napilitan akong bumalik sa kwarto ko.

Bigo akong humiga sa kama. Gusto ko pa naman marinig yung kantang secret. *Kainis! Kainis!*

Kinuha ko yung flashlight sa drawer ng bedside table. Binuksan ko yun at pinatay ulit. Bukas, patay, bukas, patay, bukas, patay, bukas, patay, bukas at patay.

Paulit-ulit kong ginawa yun hangang sa meron masamang hangin na pumasok sa utak ko----*charot!* Bigla ko kasing naisip yung ginawa ni Keifer at Yuri sakin.

**"Ibig sabihin ba nun, gusto nila ko?"** Bulong ko sa sarili ko.

Kasi imposibleng manghalik ang isang tao kung hindi nya gusto yung hinalikan nya. Hindi sa naga-assume ako, pero naga-assume na talaga.

Hindi kinumpirma ni Yuri yung sa kanya at wala din namang sinabi si Keifer. Panu nalang kung....

**"Panu nga kung may gusto sila sakin?!"** Shock na sabi ko.

Alam kong muka akong timang dahil kinakausap ko yung sarili ko pero kailangan kong malinawan.

Pero panu nga kung meron? Mauulit na naman yung nangyari sa kanila nila Ella dati. Minsan ng nasabi sakin ni Ci-N na nag-away yung dalawa sa room.

Halos lumpuhin ni Keifer si Yuri dahil sa galit. Nasira din ang pagkakaibigan nila. Bumalik lang sila sa ayos nung lumipat na si Ella ng ibang Section pero naging dahilan naman yun ng sigalot kila Aries at Keifer.

I will assume that both of them like me. Gusto ko si Yuri pero hindi kagaya ng pagkagusto ko kay Keifer.

*Shit!*

Story repeat! Anu nalang mangyayari kay Yuri kapag nalaman nyang gusto rin ako ni Keifer? Kawawa naman sya pagnagkataon.

Pero hindi pa naman ganun ka-strong yung nararamdaman ko kay Keifer. Baka pwede pang-magbago yun. Pero sya naman ang masasaktan kung si Yuri naman ang gusto ko at baka maghurumintado na naman sya.

Kahit sinong piliin ko, makakasakit at makakasakit ako. Anu kaya kung wala? *TAMA!*

Kung wala akong pipiliin sa kanila. Walang masasaktan, hindi na kawawa si Yuri at hindi na maghuhurumintado si Keifer. Pero ako naman yung kawawa.

*Pigilan ang nararamdaman!*

Tama! Tama! Tama! Hanga't maaga, hanga't hindi pa strong ang feelings pigilan na.

Kung tutuusin paga-assume pa naman lahat ng ito. Pero kung gagawin ko to hanga't maaga walang masasaktan. Kahit ako hindi masasaktan.

Yun nalang ang gagawin ko. Kahit hindi pa ko sigurado sa feelings nung dalawa sakin, lalayuan ko na sila.

**"LAYUAN!!"** sigaw ko habang nakataas ang kamay kong may hawak na flashlight.

Bigla nalang bumukas yung ilaw at AC. Tignan mo nga naman! Nananadya yata ang penelco or meralco.

Sinaksak ko na yung charger ko. Naisip kong kumuha muna ng tubig. Nauhaw ako sa ginawa kong pag-iisip at paga-assume.

Nasa kusina din si Kuya at umiinom ng tubig.

**"May kausap kaba sa kwarto mo?"** Tanung nya sakin.

**"W-wala... Bakit?"**

**"Narinig kasi kitang nagsasalita."**

**"Wala yun... Kinakausap ko lang yung sarili ko."** Sagot ko sa kanya.

Bigla nalang nya kong tinignan na parang iniisip kung baliw na ko.

**"..Oh! Hindi ako baliw!"** Dagdag ko.

Alam ko kasing ganun na yung iniisip nya. OA din kasi tong si Kuya minsan. Hinayaan muna nya kong makainom ng tubig bago magsalita.

**"You need to visit a pshychiatris."** Biglang sabi nya na nagpahinto sakin.

*Agad agad?!*

**"La! Kuya! Matino ako! May iniisip lang ako----"**

**"Hindi tungkol don!"** Putol nya sakin. **"...Remember the incident when you were 9 years old?"**

Natigilan ako. Yun na naman ba? Akala ko naka-move on na sila don.

**"A-ayoko... N-natatakot ako."** Sagot ko sa kanya.

**"I know... Pero kailangan mo ng harapin yung kinakatakutan mo."** Sabi nya at lumapit sakin. **"...Ang lakas ng loob mong humarap sa away pero natatakot kang harapin yung nakaraan mo."**

**"Kasi..."**

**"Kasi? Natatakot ka na baka totoo yung sinasabi namin sayo?"** Tanung nya sakin.

Tumango ako. Natatakot talaga ko. Natatakot akong malaman kung totoo nga na sinasaktan nila ko nun. Nung mga naging asawa ni Mama.

Tapos bigla kong naalala si Tony dela Cruz. Yung lumapit sakin dati at nagpakilalang naging asawa ni Mama.

Niyakap ako ni Kuya at hinimas yung buhok ko. **"Andito naman kami para sayo."**

Yumakap din ako sa kanya. Minsan iniisip ko na sana si Kuya Angelo nalang yung kapatid ko. Kahit naman takot ako sa kanya pinaparamdam nya pa rin na mahalaga ako. Wag nga lang nyang hahatakin ang patilya ko. Masakit kasi!

Bumitaw na si Kuya sa pagkakayakap kaya ganun na din ang ginawa ko.

**"Matulog kana. May pasok pa bukas."** Utos nya.

Ngumiti naman ako sa kanya at nag-nod. **"Goodnight Kuya!"**

**"Goodnight din!"** Sagot nya sakin.

Paglabas ko ng kusina nakita ko si Aries, nakatingin sya sakin pero parang may mali sa kanya. Malungkot yung mga mata nya.

Nung na-realize nyang nakatitig ako sa kanya agad syang umiwas at nagtuloy sa pupuntahan nya.

Nagkibit balikat nalang ako. Baka kasi meron syang iniisip. O kaya naman nag-away sila ni Ella.

Pagpasok sa kwarto, agad kong tinignan yung phone ko. Meron text galing kay Yuri.

**From:** *Yuri*
**Message:** Kamusta?

Simula nung bakasyon lagi nalang nya kong tine-text. Nagre-reply naman ako at nakikipag-kamustahan sa kanya. Alam ko nasa Japan sya ngayon. Pinauwi daw sya ng mga magulang nya.

Re-replyan ko sana sya pero naalala ko yung sinabi ko kanina.

*Layuan...*

Binura ko nalang yung text nya. Sandali ko pang tinignan yung ibang text message sakin ng may dumating na panibago. Unknown number.

**From:** *+639**********
**Message:** This is Percy. Magkita tayo bukas after school. Itetext ko sayo kung saang lugar.

Halos mabitawan ko yung cellphone sa pagkabigla. Nung isang araw ko pa hinihintay ang tawag nya. Muntik na kong mawalan ng pag-asa.

Nanginginig pa ang kamay ko sa pag-sagot sa text nya.

**To:** *+639**********
**Message:** *Ppnta ako.*

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Halong excitement at takot yung nararamdaman ko.

Ang dami kong tanung sa kanya ang dami kong gustong malaman. Hindi rin nakaligtas sakin na baka sya yung Kuya ko na pina-umpon ni Mama sa iba. Maraming naglalaro sa utak ko pero masasagot na yun bukas.

Gusto ko ng mag-umaga. Gusto ko klase na namin at patapos na. Gusto kong pabilisin yung oras at gusto ko ng makaharap si Percy.

*Panu kung tama lahat ng hinala ko?!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 96

**Deal**

***Jay-jay's POV***

Panay ang tingin ko sa cellphone ko. Bukod sa tinitignan ko yung oras, tinitignan ko din kung nagtext na si Percy. Pero wala akong makita na bago sa phone ko.

**"Kinakabahan kaba?"** Mapang-asar na tanung ni Ci-N.

Akala nakalimutan na nya yung usapan namin. Tungkol sa 100 na score nya. Kampanteng kampante sya na makakakuha sya nun.

**"Hindi... May iniisip lang ako."** Sagot ko sa kanya.

**"Iniisip mo kung panu sasabihin at hahalikan yung type mo?"** Tanung nya habang tumataas baba ang kilay.

*Ay punyemas...*

Ngayon ko lang naalala na ganun nga pala yung kasunduan namin. Oo nga, panu ko gagawin yun?

Wala pa naman yung result, baka pwede ko pang bawiin yung Deal namin.

**"Ci.."** tawag ko sa kanya. **"..Alam ko namang matalino ka. Tanggap ko ng makaka-100 ka."** Sabi ko habang nakangiti.

Ngumiti sya ng nakakaloko. **"Hindi mo ko mauuto... Ang usapan ay usapan."**

*Kingina!*

Wala na kong lusot. Hindi na ko pwedeng umatras. Kainis naman!

Nakaramdam ako ng tawag ng kalikasan. Yung number 1 lang.

**"Punta muna ko CR."** Paalam ko kay Ci-N.

Hinayaan naman nya ko. Mabilis akong tumakbo papunta dun at kagaya ng lagi kong ginagawa. Sinisilip ko lahat ng cubicle at binibilisan ko din ang kilos ko.

Naglakad na ko pabalik at sakto namang nakasabay ko pa si Drew. Classmate namin.

Tinignan naman nya ko at nginitian. Ganyan naman yan, sa 16 na classmate ko sila-sila ni Josh at Blaster yung tahimik. Minsan nakikipag-talo sakin pero madalas taga-obserba lang sila.

**"Jay..."** Tawag nya sakin. Bigla syang huminto kaya naman huminto din ako. **"...uhmmm, pwede ba kong humingi ng favor?"**

Ngumiti naman ako sa kanya at nag-nod.

Napahimas sya ng batok. **"Kasi Jay... A-alam kong nakakahiya pero kailangan lang eh."**

**"Anu ba yun? Hanga't kaya ko tutulungan kita."**

**"P-pwede ba kong... Pwede ba kong manghiram ng pera sayo?"**

*Anu? Nabinggi yata ako!---charot!*

**"A-anhin mo yung pera?"** Alanganing tanung ko.

**"Kailangan lang eh."**

**"Magkanu?"** Tanung ko.

**"5,000"** mabilis nyang sagot.

*La! Aabot kaya yung pera ko dyan?!*

**"K-kelan mo kailangan?"**

Anu ba tong pinasok ko? Hindi naman ako yayamanin. Pag-talaga usapang pera parang ayaw umandar ng utak ko.

**"This week sana."**

Hindi ko alam kung aabot yung pera ko. May naitabi naman ako plus yung allowance ko. Pero syempre baka magkaroon ng biglaang gastos.

*Tss. Bahala na nga!*

**"Sige... Bigay ko sayo tom or next day."** Sabi ko.

**"Salamat Jay!"** Sabi ni Drew at ngumiti sakin.

Wala namang masama kung magpahiram ako. Kailangan naman nung tao.

Sabay na kaming naglakad pabalik sa Room. Napatingin ako kay Keifer. Busy sya sa pakikipag-usap kay Yuri. Bigla nalang syang napatingin sakin kaya agad akong umiwas.

*Layuan!*

**"Lumabas na yung result!"** Sigaw ng kung sino mula sa pinto.

Ayan na! Nalintikan na! Naglabasan na yung mga luko. Ayoko sanang tignan yung mga grade pero syempre kailangan ko.

Nakisabay ako sa kanila. Napatingin ako kay Ci-N na sobrang lapad ang ngiti sakin.

Pero kapit lang, malakas ang paniniwala kong hindi makaka-100 si Ci-N.

Kagaya dati nagkakagulo na naman sila sa harap ng bulletin board. Naki-siksik akong pilit para makita agad yung grade ko.

*Woah! Box out men!*

Hindi naman ako nabigo, salamat sa tactics ng pagsingit at siko. Pangalan ko agad ang hinanap ko.

*Jasper Jean Mariano........................84.50*

Hindi na masama! Pwede na to kesa naman sa pasang-awa. Syempre ang sunod kong hinanap yung pangalan ni Ci-N.

*Ci-N Peralta......................................100.00*

Hala! Dalawang beses kong tinignan. Sinundan ko din yung katapat na guhit. Punyeta! 100 talaga.

*Shooooot!*

Umuwi na kaya ako ngayon? May pagkakataon pa naman ako. Busy silang lahat sa pagtingin ng grades nila. Hindi nila ko mapapansin kapag umalis ako.

Kayalang hindi na pala pwede. Katabi ko na yung gusto kong takasan at ang lapad na ng ngiti nya sakin. Tumataas baba narin ang kilay nya.

**"Naniniwala kana?"** Tanung nya.

**"H-hindi..."** Mabilis kong sagot at agad na naglakad paalis.

Kailangan kong tumakas! Pilit akong umalis sa kumpulan ng mga tao. Ng makalayo sandali akong naghabol ng hangin.

Amoy *digmaan* kasi doon. Maaga pa naman, bakit nag-aamoy putok na sila?

**"Are you okay?"** Tanung sakin ni Yuri.

Hindi ko namalayan na nakalapit na sya sakin. Sabi ko pa man din layuan.

**"O-oo... Balik na ko sa room."** Sabi ko at mabilis na naglakad palayo.

Babalik talaga ko sa room. Kukunin ko yung bag ko at mag-cutting classes ako. Ayokong gawin yung deal namin ni Ci-N. Anu sya, swerte?

Hindi pa ko nakakalagpas ng main building ng makita ko si Rakki. Kinawayan nya ko at nginitian.

**"Hi Rakki!"** Balik kong bati sa kanya.

**"Nakita mo na grade mo?"** Tanung nya.

Nag-nod naman ako. Magpapa-alam na sana ako sa kanya ng may bigla akong maalala.

**"Naging classmate mo si Ci-N diba?"** Tanung ko.

Mabilis syang nag-nod. **"First year hangang kalagitnaan ng second year."**

**"Kamusta naman yung grade nya?"**

Tumahimik sya at sandaling nag-isip. Nag-cross arm pa sya at tumingin sa malayo.

**"Hindi ako sigurado kung anong university yun..."** Bulong nya.

*Ha? Grade yung tinatanung ko, hindi university.*

**"...Harvard yata yun or Oxford... Basta isa dun sa dalawa ang nagpadala ng letter sa kanya at sinasabing pwede na syang pumasok dahil pasok sya sa requirements nila. Libre pag-aaral at tirahan."** Paliwanag nito.

Anu ulit? Sinasabi nya ba na kinukuha na si Ci-N bilang college student?

**"...Ganun sya katalino. Qualified na sya as college student. Nataasan pa nga nya yung dating Top 1 ng Section A."** Dagdag pa ni Rakki.

Ganun katalino si Ci-N? Pero anong nangyari bakit plakda sya nung nakaraan at bakit hinayaan ng school ang kagaya nya na mabulok sa Section E?

May biglang tumawag kay Rakki kaya agad syang nagpaalam sakin at umalis na.

Bumalik ako sa room na sobrang mangha kay Ci-N. Sobra pala ang talino nya, maning mani lang sa kanya ang exam.

Nawala na sa isip ko yung balak kong pagtakas. Naunahan ako ng mga luko sa room.

**"Jay-jay..."** Mapang-asar na tawag sakin ni Ci-N.

Napakamot ako ng ulo. **"P-pwedeng bulong ko nalang sayo?"**

Umiling sya habang nakangiti. Daig pa nya si Joker sa pag-ngiti nya.

**"Sabihin mo na..."** Pagtutulak nya.

*Iihh... Ayaw...*

**"Hoy Ci-N! Inaaway mo ba si Jay-jay?"** Inis na tanung ni Kit ng mapansing nakasibangot ako.

Lumapit na tuloy samin yung iba at naki-usyoso na. Sabihin ko kayang *oo?*

**"Inaaway kaba nya Jay?"** Tanung sakin nila Calix.

Sasagot na sana ako pero si Ci-N na ang gumawa nun.

**"Hindi no! Meron lang kasing ia-announce tong si Jay-jay!"** Sagot nya sa kanila habang nakangiti pa rin ng nakakaloko.

*Asar naman ih!*

Pati sila Keifer at Yuri napatingin na rin samin. Buong Section E na yung nag-aabang ng announcement---ko daw.

**"Bubulong ko nalang sayo..."** Pagpipilit ko pero hindi pumayag ang luko.

**"Anu ba kasi yun? Wag mong pilitin si Jay-jay kung ayaw."** Sabi ni Eman.

**"Usapan kasi namin yun... Kapag naka-100 ako, aaminin nya kung sinong type nya sating lahat at iki-kiss nya."** Paliwanag nya sa mga luko.

Bigla nag-iba itsura nila Keifer at Yuri. Para silang nainis na ewan.

**"Yun lang pala... Wag kana mahiya Jay. Alam ko namang ako yung type mo. Halik na."** Sabi ni Rory habang nakaturo sa pisngi nya.

**"Jay... Alam mo namang may Mica na ko. Pero kung mapilit ka, halik na."** Sabi ni Calix habang nagpapa-pogi sa harap ko.

**"Ang titigas ng muka nyo! Obvious naman na ako yun! Kaya nga nya ko tinulungan sa Resto eh. Diba?"** Sabi ni Eman.

**"Ang kapal! Ang kapal! Ang kapal! Nagsasayang lang kayo ng laway! Ako yun, halik na Babe!"** Sabi naman ni Eren habang nags-slow clap.

**"Mahiya kayo! Inuunahan nyo yung tao. Alam naman natin, na ako yun!"** Singit ni Kit.

**"Jay! Selosa si Grace, umamin ka nalang. Wag mo na kong halikan."** Sabi ni Denzel.

**"Jay... Diba ako yun?"** Sabi ni Josh habang nakaturo sa sarili.

**"Mga mapag-panggap! Para lang hindi kayo mapahiya, ipipilit nyo yung sarili nyo! Alam naman natin na ako yun!"** Sabi ni Edrix habang pinagmamayabang yung muscle nya.

**"Ang gusto ni Jay yung hindi sakit sa ulo! Kagaya ko!"** Sabi ni Blaster.

**"Lagi akong binibigyan ng pagkain ni Jay-jay! Kaya ako yun!"** Pilit ni Felix.

**"Wag nga kayong mag-away! Pare-pareho naman kayong mali! Ako kaya yun!"** Pakikisali ni Ci-N.

**"Pinapahirapan nyo lang si Jay-jay! Hayaan nyong sabihin nya na ako talaga yun!"** Sabi ni Drew.

**"Muka kayong timang! Panu nya sasabihin sa inyo na ako yun?! Kung singit kayo ng singit!"** Sigaw ni Mayo sa kanila. Classmate din namin na ninja. Lagi kasing nawawala.

Ang galing! Saulado ko na yung mga pangalan nila!

**"Hayaan nyo kayang magsalita si Jay-jay!"** Sigaw ni Keifer na umagaw ng atensyon ko.

**"Oo nga!"** Gatong ni Yuri.

Pagtingin ko sa kanila. Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Akala ko kasi hindi sila makikisali pero dinaig pa ng kayabangan nila yung kayabangan nitong mga to.

Naka-upo si Keifer sa lamesa at naka-pose na parang model ng kung anong clothing line. Nakasandal naman si Yuri sa pader at bukas ang polo. Naka-tingin sa malayo at kagat labi pa ang effect.

Hindi sila nagsasalita pero porma pa lang bagyo na. Napapailing nalang ako sa kakapalan ng pagmumuka ng mga to. Pero wala akong balak aminin kung sinong type ko sa kanila.

Kanina ko pa pinag-iisipan to. Huminga ako ng malalim at sinenyasan silang tumahimik.

**"Sasabihin ko na!"**

Agad na pumorma ang mga luko at umayos ng tayo. Bahagya akong umatras at pumwesto sa may table ko.

Daliri lang ang ginamit ko sa pagturo at tumutukoy yun sa taong hindi sumali sa kaguluhan na to.

Mga wala silang reaksyon. Bahagya kong kinalabit ang natutulog na David. Pagbangon ng ulo nya, tinignan kagad nya ko.

**"J-jay..."** Sabi nya.

Mabilis ang naging kilos ko. Bago pa nya muling idukdok ang ulo nya. Agad ko syang hinalikan sa pisngi dahilan para mawala ang antok nya.

**"Para saan yun?"** Tanung nya.

**"Mamaya ko nalang papaliwanag sayo."** Bulong ko.

Bahagya akong lumayo sa kanya at hinintay ko yung sasabihin nilang lahat. Yun nga lang nakay David parin ang tingin nila.

Pati muka nila Keifer at Yuri wala ding reaksyon hangganga sa...

**"KUYUGIN SI DAVID!"** Sigaw ng kung sino at agad silang tumakbo palapit dito.

**"Shit!"** Sigaw ni David at mabilis syang umiwas.

Hindi ko na napansin kung saan saan sya tumalon para lang marating yung pinto at makatakbo palabas. Pero hindi pa rin sumuko ang mga ulupong at hinabol pa rin sya.

Naiwan akong mag-isa, pati kasi sila Yuri at Keifer naki-habol-habol na rin. Mamaya nalang ako mags-sorry kay David.

Narinig kong tumunog yung Phone ko. Agad kong kinuha yun sa bag para tignan. Text message galing sa unknown number.

**From:** *+639*********
**Message:** *Sa Mall, sa fountain sa tapat ng ice cream parlor.*

Alam kong si Percy to kaya naman bumalik yung kakaiba kong nararamdaman kanina. Gusto ko ng mag-uwian.

*Masasagot na yung mga tanung ko.*

**Author's Note:** Basta Blue Eyes sya... Makisama kayo. Hahahaha Percy Rey---Mariano? Or Collins?

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 97

**Answers**

***Jay-jay's POV***

**"Ayos ka lang ba?"** Tanung sakin ni Ci-N.

**"Okay nga lang ako... Pang-sampu mo na atang tanung yan?"** Sagot ko sa kanya.

**"Kasi naman... Kanina kapa hindi mapakali at panay din ang tingin mo sa oras."**

Buhat kasi ng marecieve ko yung text. Hindi na ko mapakali at parang may kung anu sakin na gusto ng umuwi.

Kinakabahan din ako at nae-excite. Pakiramdam ko sobrang bagal ng oras.

Napatingin ako kay David na hinihimas ang ulo nya. Pilit din nyang minamasahe ang braso nya.

**"David..."** Tawag ko sa kanya. **"...Sorry ah? Ikaw tong napagdiskitihan nila."**

**"Ayos lang... Medyo masakit nga lang yung katawan ko."** Sagot nya sakin at ngumiti.

**"Babawi nalang ako sayo next time."**

Bigla nalang dumamba si Ci-N sa lamesa ko.

**"Anu yang usap-usap na yan? Wag kayong nag-uusap!"** Utos nya samin.

Tinignan ko sya ng masama. Para kasi silang mga aning. Pagbalik nila dito sa room pilit nilang pinapalayo si David ng upuan. Ayaw naman silang intindihin nitong isa.

Buti na nga lang hindi sya nagalit sakin. Nahihiya tuloy ako sa kanya.

**"Jay! Sama ka samin mamaya."** Aya sakin ni Kit. **"..Kakain kami ice cream."**

*Ice cream!!* 😢

Gusto ko! Gustong gusto ko, kayalang may mas mahalaga akong lakad.

**"H-hindi ako pwede eh."** Sagot ko sa kanya.

**"Bakit? May pupuntahan ka?"** Tanung ni Ci-N at bigla nalang tinignan ng masama si David. **"...May lihim ba kayong lakad nito?"**

**"Wala."** Bored na sagot ni David.

**"May importante akong pupuntahan."** Sagot ko.

**"Saan? Pwede ba kong sumama?"** Tanung ni Ci habang naka-pout.

Umiling ako dahilan para mag-puppy eyes sya. Hindi tatalab sakin ngayon yan. Pasensya na.

**"Hindi eh... Sarili ko kasing lakad yun."**

**"Hindi naman delikado yang pupuntahan mo?"** Tanung ni David.

**"Hindi naman... Makikipag-kita lang ako sa kakilala."**

Nag-nod lang sya sakin bilang pagtanggap ng sagot ko. Pero hindi kumikibo si Ci-N at Kit. Malakas ang pakiramdam ko na may iniisip na kalokohan tong dalawa.

Tumunog yung bell, indikasyon ng uwian na. Kaya eto ako, mabilis na niligpit yung gamit ko.

**"Mauna na ko sa inyo! Bye!"** Sigaw ko habang naglalakad palabas ng room.

Hindi ko na narinig ang mga sinabi nila. Lakad takbo ang ginagawa ko makarating lang agad sa gate ng school. Pagdating dun, pumara kagad ako ng taxi.

**"Sa Mall po Kuya."** Sabi ko sa driver pagka-sakay ko.

Hindi ko mapigilan yung excitement na nararamdaman ko. Pero pakiramdam ko ayaw makisama ng mga tao sakin.

Dahil rush hour ngayon. Ayun! Traffic.

*Argh! Anu ba?!*

Panay din ang silip ko sa phone ko. Baka kasi nagtext na sya ulit. Sa bawat minuto na umaandar lalung bumibilis yung tibok ng puso ko.

Pagdating sa Mall agad akong tumakbo papunta sa fountain na usapan namin. Maraming naka-upong tao sa gilid nun.

Halos ikutin ko na yung paligid ng fountain para lang tignan ang bawat tao pero hindi ko sya makita. Agad kong kinuha yung phone ko para itext sya.

**To:** *+639**********
**Message:** *Andto na ko. Asan ka?*

Hinintay ko yung sagot nya. Hindi rin ako tumigil sa pagtingin sa paligid at pagtanaw sa bawat taong dumadaan.

Tumunog yung cellphone ko kaya naman agad kong tinignan.

**From: +***639**********
**Message:** *New location. Quantum Garden sa dulo ng mall.*

Hindi na ko nagsayang ng oras. Agad akong tumakbo papunta don. Kung tutuusin halos labas na ng mall yung garden na yun. Medyo malayo pero wala akong paki.

Pagdating don, close sign ang bumungad sakin.

*Shit!*

Pilit kong sinilip yung loob, baka kasi nasa malapit lang sya. Hangang sa nag-ring yung phone ko. Hindi ako nag-atubiling sagutin yun.

**"Hello?"**

**["*Jay...*"]** Sagot nya. Alam kong si Percy ang tumatawag sakin.

**"Asan ka? Andito ko sa entrance ng Garden!"** Halos maiyak ako nung sabihin ko yun.

Gusto ko na kasi talaga syang maka-usap. Gusto ko ng malaman kung sino sya.

**["*I'm sorry... Hindi na tayo pwedeng magkita.*"]**

Halos man-lambot ako sa sinabi nya. Bakit ngayon pa?

**["*...nasundan ka ng mga kaibigan mo. Hindi magandang makita nila ko.*"]**

Agad kong niligid yung tingin ko. Kakaunti lang ang tao sa part ng Mall na to. Wala akong makita na taga-HVIS pero hindi nakaligtas sakin si Ci-N na pilit nagtatago sa likod ng poste.

**"Lilipat ako ng lugar! Sa hindi nila masusundan!"** Pagpipilit ko.

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. Gusto ko na kasi talaga syang makita.

**["*Limitado lang ang oras ko. Pero hayaan mong sagutin ko yung ilan sa mga tanung mo.*"]**

Huminga ko ng malalim. Sinubukan kong pigilan ang luha ko.

**"S-sino kaba talaga?"**

**["*I knew you'll ask that. Gusto ko sanang personal na sabihin to. Pamilyar kaba sa Percy na stepbrother ni Felix?*"]**

*Pvta!*

**"O-oo... P-pero patay na yun."**

**["*Hindi sya patay at... Kausap mo sya ngayon.*"]**

Tuluyan ng umagos yung luha na pinipigilan ko. Hindi ako makapaniwala. Yung taong iniisip ng lahat ng patay, eto at kausap ko. Lalu lang nadagdagan ang mga tanung ko. Pero gusto kong malinawan sa isang bagay.

**"I-ikaw ba ang Kuya ko?"**

Sandaling tumahimik sa kabilang linya. Tinignan ko pa kung naputol na yung tawag pero hindi naman.

**["*Jay... Matagal mo ng nakaharap ang Kuya mo.*"]**

*Anong ibig nyang sabihin dun? Lalu lang nyang ginugulo yung isip ko.*

**"H-hindi ko maintindihan!"**

**["*Jay! Niloloko ka ng mga tao sa paligid mo!*"]** May halong inis ang boses nya. **["*...wala ako sa lugar para sabihin----*"]**

***Toot* *Toot***

*Tang'na! Ngayon pa talaga!*

Pilit kong tinawagan ulit yung number pero nakapatay na. Pero hindi ako nawalan ng pag-asa. Alam kong nasa paligid lang sya.

*Andito pa sya!*

Tinignan ko yung paligid. Lakad takbo yung ginagawa ko at kahit halos wala na kong makita dahil sa luha ko hindi ako tumigil.

Pinagtitinginan na ko ng ilan sa mga taong nakakita sakin. Wala akong pakialam sa kanila. Kailangan kong mahanap si Percy.

Hangang sa may bigla nalang humawak sa braso ko. *Keifer.*

**"Bitiwan mo nga ako!"** Pagpupumiglas ko.

Hindi sya bumitaw at lumapit na rin samin sila Ci-N.

**"Anong nangyari sayo? Bakit ka umiiyak?"** Seryosong tanung ni Keifer.

Tuloy-tuloy pa rin ang pagtulo ng luha ko. Sila ang dahilan kaya hindi nagpakita sakin si Percy. Dahil sinundan nila ko.

**"Ikaw! Kayo! Kayo ang problema ko! Bakit pa kasi kayo nagpunta dito? Bakit nyo ko sinundan?"** Galit na tanung ko sa kanila.

**"Jay.. huminahon ka. Anu bang nangyari?"** Tanung sakin ni Yuri.

Kusa nalang akong napa-upo sa sahig. Ayokong umiyak sa harap ng iba pero sa sobrang inis ko hindi ko na napigilan.

**"Hindi sya nagpakita sakin kasi sinundan nyo ko!"**

**"Sino?"** Tanung ulit ni Yuri.

Pinipilit kong huminahon pero lalu lang nadadagdagan ang inis ko sa ginagawa nila.

**"Si Percy! Hindi sya nagpakita kasi sumunod kayo sakin!"**

Tumahimik sila at kahit wala silang sabihin alam kong nagtataka sila.

**"S-sinong Percy?"** Tanong ni Felix.

**"Yung... Yung stepbrother mo!"**

Ayoko sanang sabihin dahil alam kong gugulo lang yung sitwasyon. Pero sobrang bigat talaga ng nararamdaman ko.

**"Jay... He's already dead----"**

I cut Keifer. **"Hindi! Hindi! Buhay sya! Sya yung kausap ko! Sya yung laging nagpapakita sakin! Kulay blue yung Mata nya!"** Sunod sunod na sabi ko.

**"Edrix! Rory! Humingi kayo ng copy ng CCTV footage ng Mall. The rest libutin nyo yung Mall at tignan ang bawat Exit!"** Utos ni Keifer.

Agad na lumakad paalis yung iba. Naiwan si Felix sa tabi ko. Ganun din sila Yuri at Keifer.

**"Tahan na Jay... Sumama ka muna samin."** Sabi ni Yuri at pilit nya kong tinayo.

Dala ng sobrang pagod sa pag-iyak, nawalan na ko ng lakas para pumalag pa sa kanila.

Kusa nalang akong sumama papunta sa kung saan. Hindi ko na namalayan na nakarating kami sa parking. Sinakay nila ko sa kotse ni Keifer.

Sa bintana lang ang tingin ko. Hindi ko alam kung saan kami papunta. Hangang sa huminto kami sa tabi ng daan. Puro puno ang paligid at merong police line.

**"Baba!"** Utos ni Keifer.

Ginawa ko naman at tinignan ang paligid. Nasa highway kami papunta sa mataas na lugar. Matarik ang daan at mukang accident prone area.

Sumuot si Keifer at Felix sa police line at ganun din ang ginawa ni Yuri. Sumunod ako sa kanila.

Masukal ang paligid dahil puro puno at wala akong makitang kabahayan.

**"A-anong ginagawa natin dito?"** Tanung ko sa kanila.

Tuloy-tuloy sila sa paglalakad. Pababa ang daan kaya naman dahan dahan ang naging kilos ko. Huminto kami sa tabi ng bangin.

**"D-dito..."** Sabi ni Felix. **"...Dito namatay si Percy."**

Nagulat ako sa sinabi nya. Tinignan ko yung paligid at kung gaano katarik yung bangin. Ilog ang babagsakan ng kung sinong mahulog dito. Pero mababa ang tubig kaya naman sigurado akong patay ang malalaglag dito.

**"July 26... Four years ago."** Dagdag ni Yuri. **"...1 week after makalabas ni Aries sa ospital. Wala sya sa sarili at laging tulala."**

**"...Sya nagmamaneho ng kotse nun. Umuulan at madulas ang daan. Ilang beses sinabi ni Percy na sya nalang ang magmamaneho pero hindi sya pumayag. Hangang sa nangyari na nga."** Kwento pa ni Yuri.

**"Dalawa sila sa loob, babagsak ang kotse sa ilog. Sa halip na tulungan ni Aries si Percy, lumabas sya at hinayaang bumagsak ang kotse."** Sabi ni Keifer habang nakatingin sa malayo.

**"Hindi na nakita ang katawan nya. Sabi nila, dahil daw sa lakas ng agos ng ilog baka daw natangay na."** Sabi ni Felix. **"...Hindi pumasok sa isip namin na buhay pa sya."**

Hindi ko alam ang dapat kong sabihin. Si Percy yung sinasabi nila na namatay dahil kay Aries. Pero meron akong hindi maintindihan.

**"P-panu nyo nalaman yung nangyari?"** Tanung ko kila Yuri at Keifer

Tinignan nila ko pareho sa mga mata. Seryosong seryoso sila.

**"Dahil kami ang kasama nila nung nangyari yun. Nakasakay din kami sa kotse. Maswerte nga lang kami dahil kusa kaming tumilapon palabas."** Sagot ni Yuri.

**"Yun din ang araw na nagkalamat ang pagkakaibigan namin."** Dagdag ni Keifer.

*Pagkakaibigan?*

Sinasabi nya ba na magkakaibigan sila dati? Pakiramdam ko lalung gumulo yung lahat. Sumasakit ang ulo at parang meron akong naaalala sa date na binigay nila.

July 26? 1 week after makalabas ni Aries sa ospital? July 19 yun. Ilang araw pagkatapos nung birthday ni Aries. Ilang araw pagkatapos mangyari yung insidente sa pagitan namin ng Tatay nya.

*Ilang araw pagkatapos kong madiskubre yung kakaibang nangyayari sakin.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 98

**Percy**

***Jay-jay's POV***

Ang daming picture pero iisang muka lang ang nakikita ko. Muka ni Percy.

**"Pasensya kana ah? Tinago ko na kasi lahat ng picture nya."** Sabi ng Mama ni Felix.

**"Okay lang po..."**

**"Ma.. Ako nalang dito. Magpahinga na po kayo."** Sabi ni Felix sa Mama nya.

Ngumiti naman ito at nag-nod. Naglakad na sya paalis.

Kasalukuyan kaming nasa bahay ni Felix. Gusto kasi nilang malaman kung iisang Percy nga lang ba yung tinutukoy namin.

Pagdating dito, nilabas lahat ng Mama ni Felix yung mga Picture nila. Bigla tuloy akong nahiya.

Sabi ni Felix, buha't daw ng mamatay si Percy hindi na daw naging maganda yung pagsasama ng mga magulang nila. Nauwi lang daw sa hiwalayan.

Naghirap sila Felix kaya sobrang halaga sa kanya kung makakakuha sya ng scholarship para sa college. Mababawasan daw yun problema ng Nanay nya.

Meron akong nakitang batang babae sa may pintuan nila. Nakasilip sya at nakatingin samin. Kulay Blue din ang mata nya.

**"Felix, sino yun?"** Tanung ko.

Nilingon nya yung tinuro ko. **"Ah, si Dalia... Kapatid namin ni Percy."**

Mukang namana nya yung mata ni Percy.

**"Eto yung Tatay ni Percy."** Sabi nya sabay baba ng picture sa harap ko.

Foreigner yung Tatay nya. Hindi din ito yung Tatay ko. Ibig sabihin, hindi sya yung Kuya ko. Pero bakit Mariano yung gamit nya at alam nya yung tungkol sa Kuya ko.

**"...Eto yung huling picture nya bago mangyari yung aksidente."** Dagdag ni Felix at binaba ulit yung picture.

Malaki yung pinagkaiba sa kasalukuyang itsura ni Percy. Medyo payat sya sa pinapakitang picture ni Felix.

**"Sya yung Percy'ng nakaharap ko."** Sabi ko.

**"So, buhay nga sya."** Sabi ni Keifer habang naka-upo sa tabi ko.

Parang naiinis sya sa sinabi ko. Hindi ko sya masisisi. Magkakaibigan sila tapos hindi pinaalam sa kanila na buhay sya.

**"I just don't understand... Bakit Mariano ang apilyidong pinakilala nya sayo. Collins ang apilyido nya."** Sabi ni Yuri.

Umiling ako. Dahil kahit ako, hindi ko rin maintindihan. May narinig kaming busina ng sasakyan sa labas. Si Felix ang tumingin kung sino yun.

**"Andyan na sila."** Sabi nya at binuksan ng maluwag ang pinto.

Pumasok si Edrix at Rory. May dala silang laptop at binaba nila yun sa harap ko.

**"Lahat ng video'ng makikita nyo, puro sya lang ang laman."** Sabi ni Edrix.

Pinindot ni Keifer yung play. Sa fountain ang unang video na pinakita. May lalaking nakasumbrero at polo shirt ang palakad-lakad sa video.

**"That's him."** Sabi ni Edrix.

Pa-ikot-ikot sya dun sa fountain at mula sa view ng nakuha nila, makikitang tumatakbo ako palapit sa fountain.

Parang sasalubungin nya ko pero bigla syang naglakad palayo. Huminto sya sa tapat ng isang tindahan at kinalikot yung phone nya.

*Yun siguro yung time na nagtext sya sakin*.

Muli syang naglakad palayo at dumiretso sa isang bench at naupo. Malapit sa entrance ng Quantum Garden yung pwesto nya.

*Shit! Abot kamay ko na sya kanina.*

Mula sa pwesto nya, saglit na nahagip yung pagtakbo ko at paglapit sa entrance ng Garden.

Kinuha nya yung cellphone nya at mukang may tinawagan. Mukang eto yung time na magka-usap na kami. May pagkakataon na sumusulyap sya sa pwesto ko. Nakita ko din sila Keifer at yung iba pa sa video. Nagtatago sila sa isang sulok.

Ibinaba nya yung phone at halatang hindi sya natutuwa. Sa sobrang inis bigla nalang nyang tinapon yung phone sa basurahan at naglakad palayo.

Nakita ko pa yung sarili ko na nagtatatakbo sa kung saan. Pati pagsunod sakin ni Keifer nakita ko din. Hangang sa sunod-sunod na yung paglapit ng mga Classmate namin samin.

Lumipat ng view yung video at pinakita yung mga taong pinagtitinginan kami. Andun sya, nakiki-usyoso sa kanila.

Ang nagkumpirma sakin na sya yung naka-sumbrero at polo shirt ay yung pagharap nya sa CCTV camera bago tuluyang umalis.

**"We found this at the trash."** Sabi ni Rory at inabot kay Keifer ang phone na nakasupot.

Mukang eto yung phone na ginamit ni Percy para maka-usap ako. Pero kung tinapon na nya to, panu pa nya ko tatawagan or itetext ulit?

**"This make no sense."** Sabi ni Keifer. **"...Bakit si Jay-jay ang kinakausap nya kung nakabalik na sya? He don't even know her. Kahit nuon pa, wala namang binabanggit si Aries tungkol sa kanya!"**

Yun din ang hindi ko maintindihan. Bakit ako yung kinakausap nya or bakit ako yung una nyang nilapitan?

**"Unless..."** Sabi ni Yuri at tumingin sakin. **"...Unless he's up to something."**

Tumingin din sakin si Keifer at Felix. Maging sila Rory at Edrix. Hindi ko maintindihan yung ginagawa nila.

**"B-bakit?"**

**"Pwedeng gamitin ka nya para makaganti kay Aries."** Paglilinaw ni Yuri.

*A-ako?*

Bakit nya gagawin yun? Nasuklay ko nalang ang buhok ko gamit ang kamay ko. Nagbabadya na naman kasing tumulo yung mga luhang pinipigilan ko.

Bigla nalang kinuha ni Keifer yung phone ko. Sinubukan kong bawiin pero tinignan nya ko ng masama.

**"Phone ko yan!"**

**"Alam ko! May kailangan lang akong tignan!"** Inis na sagot nya sakin.

Hindi ko alam kung anu yung titignan nya pero inabot nya kay Edrix yung phone ko.

**"Hindi tayo sigurado sa balak ni Percy... Pero Jay, kailangan mong sundin yung mga sasabihin namin."** Sabi ni Yuri.

Tinignan ko silang lahat.

**"You need to tell us everything about your conversation with Percy. When did you first see him and if you notice anything."** Sabi ni Keifer. **"...You also need to tell us if he contacts you again."**

**"Kailangan mo ding sabihin samin kung magkikita kayo ulit kagaya kanina."** Dagdag ni Yuri.

Pero kung gagawin ko yun baka hindi ulit sya magpakita sakin. Marami akong gustong itanung sa kanya. Napapagod na ko ng kakaisip ng wala namang basehan.

Pero kailangan kong sundin ang sasabihin nila. Panu nga kung tama sila? Panu kung gusto lang nyang gumanti sa mga ginawa ni Aries sa kanya? At ako yung gusto nyang gamitin.

Tipid na tango ang sinagot ko sa kanila. Sandali pa kaming nag-usap tungkol sa mga dapat naming gawin. Marami pa silang binilin sakin.

Hindi ko maiwasan na hindi tignan si Dalia. Panay kasi ang silip nya samin. Kuhang kuha nya talaga yung mata ni Percy. Nilapitan ko sya ng hindi napapansin nila Keifer.

**"Hi..."** Bati ko sa kanya.

Hindi sya sumagot. Tinignan lang nya ko. Sandali nyang sinilip sila Felix na nag-uusap-usap pa rin.

**"Sabi ni Kuya wag daw po kayong magtitiwala sa kanila."** Bulong nya sakin.

*Ha?*

**"S-sabi ni Felix?"** Tanung ko.

*Bakit naman sasabihin ni Felix yun?*

Umiling si Dalia ng mabilis at mas lumapit pa sakin.

**"Hindi sya... Yung isang Kuya ko."** Bulong ulit nya.

*S-si Percy!*

Nagpakita sya sa kapatid nya?

**"S-si Percy? K-kelan mo sya nakita?"** Pabulong na tanung ko sa kanya.

Hindi sya nagsalita. Tinignan ulit nya sila Felix at bigla nalang tumakbo palayo. Napilitan akong sundan sya ng hindi sinasabi kila Keifer.

Nakarating kami sa Dirty Kitchen ng bahay. Nasa likod na yun at katabi lang ng labahan. Niligid ko yung tingin ko para hanapin si Dalia pero may kamay na yumakap sakin mula sa likod at tinakpan ang bibig ko.

Sinubukan kong manlaban pero agad nya kong hinatak at pinasok na pilit sa maliit na banyo. Sinandal nya ko sa pader ng hawak pa rin ang bibig ko.

Dun ko lang nakita ng maayos kung sino sya.

**"Ssshhh..."** Sabi nya.

Mabilis akong nag-nod dahilan para bitiwan nya ko at agad na yakapin ng mahigpit.

**"P-percy..."**

**"Oh fvck! Hindi ko matiis na hindi ka makita."** Bulong nya sakin.

Naguguluhan ako sa ginagawa nya. Pero tsaka ko na iisipin yun. Kaharap ko na sya ngayon kagaya ng gusto ko.

Binitiwan nya ko mula sa pagkakayap at hinarap ang muka ko sa kanya.

**"Sorry if I need to hide from them."** Bulong nya.

**"A-anu bang nangyayari? B-bakit hindi ka magpakita sa kanila?"** Pabulong kong tanung.

Kailangan naming hinaan ang boses namin. Maliit lang ang banyo at nage-echo yung boses namin.

**"You won't understand it yet. But I promise you, once everything is settled I'll talk to them and explain."**

Hindi ko alam kung alin ang una kong sasabihin. Naghahalo-halo yung tanung sa isip ko.

**"P-percy... Totoo ba, s-si Aries ang----"**

**"It's a very long story, Jay. But don't ever think na gumaganti ako kay Aries. I'm not like that, I'm not like Keifer."**

*Not like Keifer?*

**"Naguguluhan ako... Ang dami kong tanung sayo. Kelan tayo pwedeng magka-usap ng maayos?"** Halos maiyak ako.

Hinawakan nya yung pisngi ko at tinignan akong mabuti.

**"I can't answer that but once I have a chance, I promise you I will tell and explain everything to you."**

**"A-anu ba talagang kailangan mo sakin? Bakit ba ako yung kinakausap mo?"**

**"Because----"**

Malakas na kalabog sa pinto ang nagpatigil sa kanya. Pareho kaming hindi nakagalaw at halos pigilan namin ang paghinga.

**"Jay! Andyan kaba sa loob?!"** Boses ni Keifer at halatang iritable sya.

Tinignan ko si Percy. Bumuka ang bibig nya para magsalita. Kahit walang boses malinaw sakin ang sinabi nyang '*I have to go*'. Mabilis nya kong hinalikan sa noo.

Tumuntong sya sa inidoro at dahan-dahang binuksan ang tabing sa kisame. Umakyat sya at bago isara ulit yung tabing tinignan nya ko at nagpilit ng ngiti.

Ng maisara, dun ko lang binuksan ang pinto ng banyo. Bumungad ang galit na Keifer.

**"Anong ginagawa mo dyan?!"**

**"N-natulog..."** Pilit kong pamimilosopo.

Lalung nagsalubong ang kilay nya. **"Umayos ka!"**

**"A-anu bang ginagawa sa banyo? Syempre umihi."** Sagot ko sa kanya at nagpa-una ng lumakad palayo.

Sumunod naman sya sakin kahit halos isumpa na ko ng mga tingin nya. Nakabalik kami sa sala kung nasan yung iba. Nakita ko pa si Dalia at sinenyasan ako ng tahimik sa daliri bago tumakbo palayo.

*Alam ko ibig nyang sabihin. Wala akong sasabihin sa kanila.*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 99

**Marker**

***Jay-jay's POV***

*Lutang...*

Yan ang utak ko ngayon. Nakaka-stress ang mga pangyayari. Nakaka-stress si Percy, nakaka-stress ang school at nakaka-stress tong katabi ko!

**"Akin na nga yang cellphone ko!"** Sigaw ko habang pilit kinukuha yung cellphone ko.

**"Sandali! May tinitignan ako!"** Sagot sakin ng Hari ng mga Ulupong. **"...Sigurado kabang cellphone mo to? Puro muka ni Ci-N yung nakikita ko."**

Wag na sya magtaka kung ako sa kanya. Tuwing hahawakan ni Ci yung phone ko, nagiging Selfie Lord ang luko. Idadamay pa minsan sila Eren at pati natutulog na David.

**"Wag ka nga maningin ng picture!"** Sigaw ko.

Bigla nalang sya tumawa. Yung tawang halatang natuwa sa nakita nya.

Hinarap nya sakin yung screen ng phone ko. Isa-isa nyang si-nwipe yung mga picture.

*Eto na nga ba sinasabi ko eh!*

Mga stolen shot ko yun na sure akong kagagawan ni Ci-N. Meron pang naka-nganga at nakapikit. Meron ding naniningkit yung mata ko.

*Kingina!*

**"Tantanan mo nga yan!"** Utos ko sa kanya.

Nilabas nya yung phone nya at merong pinindot. Hindi ko alam kung sinong aning na espirito yung sumapi sa loob ng katawan nitong si Keifer.

Pinaalis nya si Ci-N sa upuan at sya ang naupo. Tuwing titignan ko yung phone ko, nakikitingin din sya. Hindi pa nga ako natatapos sa stress na dinanas ko dahil kay Percy tapos dadagdag pa sya.

Pilit kong sinilip yung ginagawa ng luko.

*Hayop!*

Pinapasa nya yung picture ko sa cellphone nya. Agad kong inagaw yung phone ko.

**"Hoy! Bastos ka!"** Sigaw sakin ni Keifer.

Hindi ko sya pinansin at tignan yung phone ko-----*err, hindi yata akin to.*

Tinignan kong mabuti yung hawak ko. Hindi talaga akin to, dahil hindi naman si Ella at Keifer ang wallpaper ko. Agad kong binalik yung phone kay Keifer at kinuha ko yung sakin talaga.

**"Kuha kasi ng kuha..."** Sermon nya.

Hindi ko sya pinansin. Lakas kasi maka-imbyerna ng wallpaper nya. Hindi ko alam kung yung nga yung dahilan, basta naiinis ako!

Dumating na si Sir Alvin, akala ko aalis na tong isa sa upuan ni Ci-N pero humilata pa ang walang hiya.

*Ayoko sya katabi.*

Marami pa namang bakanteng upuan pero ayokong maupo don, sure akong susunod din tong isa dahil sa dami ng bakanteng upuan. Tumingin ako sa likod at nakita ko yung dating pwesto ni Keifer----*bakante*.

Tumayo ako at agad na lumipat sa upuan nya. Medyo nagulat pa si Yuri na katabi ng pwesto ni Keifer.

**"B-bakit lumipat ka?"** Tanung nya sakin.

**"Ayoko dun... Bwisit si Keifer."** Bulong ko sa kanya.

Kung tutuusin hindi dapat ako dito pumwesto. Kasi nga dapat lumalayo ako sa kanilang dalawa.

*Layuan!*

Anong gagawin ko? Lapit sila ng lapit sakin. Pinaparamdam na pareho talaga silang concern.

Pagtingin ko sa harap, dun ko lang na-relaize na magkatapat pala kami ni Keifer. May dalawang lamesang pagitan. Kitang kita rin nya ko mula dito.

May bigla nalang naupo sa tabi ko. Akala ko isa sa mga ulupong pero hindi pala. Yung kakaiba sa lahat ng mga ulupong.

*Yung Hari...*

Tatayo sana ako ulit para lumipat ng upuan pero hinawakan agad ni Keifer ang braso ko para pigilan ako.

**"Dyan ka nalang..."** Sabi nya.

**"Ayaw kitang katabi!"**

**"Tss."**

Naku! Narinig ko na naman yung mahiwagang '*Tss*' na yan. Lakas maka-peste talaga.

**"Class! Announcement!"** Sigaw ni Sir Alvin kaya napilitan akong umupo ulit. **"..University of Hemilton is inviting us!.."** Announce ni Sir habang winawasiwas ang isang booklet. **"..kaya sa mga gustong mag-enroll sa University na yun, ready your requirements."**

Kinalabit ko si Yuri na busy sa pagbabasa sa notes nya.

**"Anong meron sa University of Hemilton?"** Tanung ko.

**"Yearly visit yun, ginagawa yun para ipakita sa nga students kung anong meron sa university nila. Nanghihikayat ng students."** Paliwanag nya.

Ang taray naman, may ganun ganun pa. Yayamanin siguro yung University na yun.

**"Tapos anong mangyayari?"**

**"Uhmmm.. Merong tour sa mga facilities ng university. May mga palaro sila, papremyo at mga freebies. Tinatanggap na rin nila yung mga requirements ng mga gustong mag-enroll."** Dagdag nya.

Ang taray nga! Sila lang ata ang gumagawa nun. Yung ibang school walang ganyan.

**"Ang taray ng school nila.."** sabi ko.

**"Alam ko meron pang apat na school ang magi-invite satin. Hindi ko nga lang sure kung kelan."**

Meron pang iba? Mga yayamanin din siguro tong mga school na to.

**"Siguraduhin nyo lang na pipirma yung mga Gaurdian nyo sa waiver para makasama kayo."** Sabi ni Sir Alvin at pinamigay yung waiver.

Wala sila Tita sa bahay kaya si Kuya Angelo ang pipirma sakin. Papayag naman yun agad.

Nagsimula na mag-klase si Sir. Tapos yung ang awkward sa pakiramdam. Yung magkabilang side ko kasi, lakas maka-peste.

Sipag sipagan mode si Yuri sa pag-aaral. Samantalang si Keifer nakahilata at patulog na. Hindi naman ako nagkamali dahil pumikit na sya.

Bahagya kong siniko si Yuri at tinuro si Keifer. Napailing nalang sya sa itsura ng Hari ng mga Ulupong. Meron syang kinuha sa bag nya at inabot sakin.

*Marker?*

**"It's your chance.."** bulong nya.

Parang ayoko. Baka pag-nagising ang walang hiya bigla nalang mag-hurumintando.

**"Ayoko... Baka magalit sakin."**

**"Hindi yan... Ako bahala."**

Ang totoo nakakatukso nga sulatan ang muka nya. Pikit na pikit ang mata nya, himbing na himbing sa pag-tulog.

Kinuha ko yung marker at dahan-dahang lumapit sa kanya. Napapanguso nalang ako habang nilalagyan sya ng bigote. Kinapalan ko din ang kilay nya. Nilagyan ko din sya ng peklat kagaya kay Straw Hat Luffy.

Ng matapos ako, dun ko lang napansin na nakatingin pala sakin ang lahat. Pati si Sir Alvin, huminto rin para tignan ako.

Halos matawa sila sa naging itsura ni Keifer pero sinenyasan sila ni Yuri na tumahimik. Kinuha ko yung phone ko at ganun din si Yuri.

Kinuhanan namin sya ng picture at agad na bumalik sa mga upuan namin ng bigla syang gumalaw. Tumahimik kami na parang walang nangyari.

Kahit si Sir bumalik din bigla sa pagtuturo.

*Ang hirap magpigil ng tawa. Hehehe*

**"May nangyari ba?"** Tanung ni Keifer samin.

Umiling kami ni Yuri at pilit pinigilan ang pagtawa. Kahit yung ibang mga ulupong, nahihirapan ding magpigil ng tawa.

Mukang nahalata nya yun kaya agad na nagsalubong ang kilay nya.

**"Hey you! What did you do?!"** Inis na tanung sakin ni Keifer.

**"Bakit ako tinatanung mo?!"**

**"Because you're the one beside me!"**

Hindi ako makatingin ng matagal sa muka nya. Natatawa kasi ako dun sa ginawa ko. Sana pala nilagyan ko sya ng wrinkles sa noo.

**"...answer me!"** Utos nya sakin.

Umiling lang ako habang tinatakpan ang bibig ko. Kaunti nalang kasi mapapatawa na ko ng malakas.

Bigla nalang nyang inamoy ang hininga nya. Akala nya siguro nababahuan ako. Ng walang maamoy tinignan nya ng masama yung mga tao sa paligid namin.

Kahit si Sir tinakpan narin ang bibig sa pagpipigil ng tawa. Pilit umiiwas ng tingin yung buong klase sa kanya.

**"You did something!"** Bintang ni Kiefer sakin.

Hindi ko na mapigilan yung tawa ko. Halos mahulog ako sa upuan, kakatawa sa itsura nya. Ilang beses ko ring nahampas yung lamesa.

**"Hahahahahahahahaha.. s-sorry."** Sabi habang nakahawak sa tyan ko.

Pati sila Sir Alvin at Yuri hindi na rin nakapag-pigil. Sunod-sunod na ring nagtawanan ang iba.

Napatingin ako kay Keifer. Namumula na kasi sya at halatang inis-inis.

**"K-kasi... Hahahahahahahaha.. H-hindi ko mapigilan! Hahahahahaha..."** Sabi ko habang pilit iniipit ang tyan ko sa kakatawa.

Mukang nakahalata ang luko na nasa muka nya yung pinagtatawanan namin. Kinuha nya yung phone nya at pilit nanalamin gamit ang front cam.

Tuluyan na syang namula sa galit.

**"You! Son of a.... Argh!"** Sigaw nya sakin.

Lalong lumakas ang pagtawa namin. Pinilit nyang tanggalin yung nakalagay sa muka nya. Pero dahil permanent marker yun-----mahirap tanggalin!

*Hahahahahaha...*

**"Remove this thing!"** Utos nya sakin.

**"Hugasan mo sa banyo!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Ikaw! Sasamain ka sakin!"**

Tinawanan ko lang sya. Bigla nalang nyang kinuha yung marker sa table ko. Hindi na ko nagkaroon ng chance na magsalita.

Bigla nalang akong hinawakan ni Yuri mula sa likod.

**"Ui! Anong gagawin nyo?!"**

Pagtawa lang ni Yuri yung narinig. Lumapit si Keifer sakin at agad na hinawakan ang panga ko.

**"WAG!!!"** Sigaw ko.

Sinulatan na ng tuluyan ni Keifer yung muka ko. Mukang nilagyan din nya ko ng bigote at binilugan yung mata ko. Meron syang sinulat sa noo ko na hindi ko maintindihan.

Pagkatapos nya, nagtawanan na naman yung mga luko. Kahit si Sir Alvin natawa rin ng malakas.

Binitawan ako ni Yuri kaya agad kong kinuha yung phone ko para tignan yung sarili ko sa front cam.

**"Bastos ka!"** Sigaw ko kay Keifer.

Nilagyan nya kasi ako ng boobs sa noo. Bastos na bata! Malakas na tawa ang narinig ko galing kay Yuri kaya tinignan ko sya ng masama.

**"Traydor ka!"** Inis na sabi ko sa kanya pero tinawanan na naman ako.

Agad kong kinuha yung marker na binato ni Keifer sa table ko. Pilit kong sinulatan ang muka nya pero panay naman ang salag nya. Puro guhit lang tuloy ang naisulat ko sa muka nya.

**"Tama na yan! Let's get back to class!"** Sabi ni Sir Alvin kaya huminto ako.

Cross arm akong sumandal at nakatingin ng masama sa board.

*Panu ko uuwi nito?*

Si Yuri kasi...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 100

⚠Read my Notes Below⚠

**Underground**

***Jay-jay's POV***

**"Salamat Jay! Papalitan ko to agad! Promise!"** Sabi ni Drew sakin.

**"Palitan mo nalang kapag kaya mo na."** Sagot ko sa kanya.

Ibinigay ko na kasi yung perang hinihiram nya. Kagaya nga ng inaasahan ko, naubos ang lahi ko. Allowance nalang for this week ang natitira sakin. Buti sana kung maagang ibigay ni Kuya yung allowance ko for next month.

Umalis na si Drew at nagpaalam. Hindi ko alam kung saan sya pupunta pero hinayaan ko na. Baka dalin na nya sa paggagamitan nya yung pera.

Pumunta na ko sa room at lumapit sa pwesto ko. Agad akong nagtaka, nawawala kasi yung upuan ko. Napalitan ng ibang bangko.

Alam ko, may palatandaan ako. Yung piraso ng palda ko na dumikit sa bangko.

**"Nasan yung bangko ko?"** Tanung ko kay David.

Hindi sya nagsalita pero tinuro nya yung pwesto ni Keifer sa likod. Lumapit ako dun at tinignan. Yung bangko ko na yung nakalagay sa dating bangko ng Hari.

**"Bakit andito to?"** Tanung ko kay Yuri na nagbabasa ng notes nya.

**"Hindi ko alam.. andyan na yan pagdating ko."** Sagot nya sakin.

Napakamot nalang ako ng ulo. Hindi ko maintindihan yung trip ng mga ulupong na to at pati trono ko pinakikialaman nila.

Bigla nalang may bumunggo sakin mula sa likod. Muntik na kong masubsob. Agad kong tinignan ng masama yung animal na may gawa nun.

Sino paba? *Yung kumag na Hari ng mga ulupong.*

**"Aray ah!"**

**"Laki mong harang sa daan."** Sagot nya sakin.

Akala ko uupo sya sa dati nyang pwesto pero naupo sya sa tabi nun. Kagaya ng naging pwesto namin kahapon.

**"Simula ngayon dyan kana uupo."** Sabi ni Keifer at sabay kaming napatingin ni Yuri sa kanya. **"..What?!"**

**"Sino na namang impakto ang sumapi sayo at naisipan mo yan?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

**"No one! Sit down now."** Utos nya.

Napangiwi nalang ako sa pinag-gagagawa nitong Abnormal na to. Binaba ko nalang yung bag ko at ayokong makipag-talo.

Tinignan ko muna sila Ci-N na busy sa pakikipaglaro kila Eren. Sandali akong napatingin kay Mayo----yung classmate naming ninja.

Para kasing nabagsakan ng langit. Sibangot na sibangot at masama ang tingin kila Kit at Josh. Baka nag-away sila.

Dumating na si Sir Alvin kaya bumalik na ko sa pwesto ko----sa bago kong pwesto. Nag-umpisa ng magturo si Sir.

May pagkakataon na napapatingin ako kay Keifer. Baka kasi matulog ulit sya. Pero syempre mukang nadala na ang luko. Gising na gising at masama ang tingin sakin.

*Kala mo naman inaano sya...*

Sa totoo lang nabo-bored ako dito sa pwesto na to. Dun kasi, pasimple kaming nagkakasatan ni Ci-N tapos pagt-tripan namin si David.

Dito, bukod sa pinapatay ako sa titig ni Keifer at ayaw magpa-istorbo ni Yuri sa pag-aaral.

*Sya na masipag!*

Wala akong choice kundi makinig kay Sir Alvin.

**"Asan si Drew?"** Biglang tanung ni Sir.

Tinignan ko yung mga ulupong. Wala nga si Drew, akala ko bumalik na sya bago dumating si Sir.

**"Wala ba sya?"** Tanung ulit nya. **"...Kapag pumasok sya, sabihin nyo kailangan ko syang maka-usap."**

Sumagot naman ang mga ulupong. Natapos ang klase namin kay Sir. Wala ang sunod naming teacher kaya eto nagkakagulo na naman sila.

Nakatanga lang ako sa kung saan ng may marinig akong kainte-interest at agaw pansin.

**"Nasa pasugalan yang si Drew na yan! Tignan mo!"** Sabi ng kung sino.

*Nasa pasugalan?!*

Hindi pumasok ang luko para magsugal? Ang walang hiya nanghiram ng pera sakin. Wag nyang sabihin na ginamit nyang pang-sugal yon.

Kakalbuhin ko sya kapag nagkataon.  Naku! Naku!

**"May kaaway kaba?"** Tanung sakin ni Yuri.

Mukang napansin nyang nababadtrip ako. Kasalanan to ng narinig ko.

**"Wala... May iniisip lang ako."**

**"Tungkol ba kay Percy?"** Diretsong tanung ni Yuri.

Ang totoo, pilit ko talagang nililibang ang sarili ko na wag isipin si Percy. Pakiramdam ko matagal na naman bago nya ko kontakin ulit.

Umiling ako at tumingin sa mga kaklase namin.

*Hay Percy... Anu ba talagang kailangan mo sakin?*

Bigla nalang nag-ring yung phone ko at dahil si Percy ang nasa isip ko. Agad kong kinuha yun, nagbabakasakaling sya yun tumatawag.

**"Hello?"** Sabi ko pagkasagot.

**["*Uhmmm... Jay.*"]** Sagot nung nasa kabilang linya.

Boses ng ibang tao yung narinig ko. Pamilyar sakin pero hindi ko maalala kung sino.

**"Sino to?"**

**["*Wag ka munang magsasalita ah? Si Drew to at kailangan ko ng tulong.*"]**

Aba! Ang mokong, nagawa pang tumawag sakin. Hindi nga talaga siguro sya papasok ngayon.

**"Bakit?"**

**["*P-pwede bang... Hay... Pwede bang humiram ulit? Hindi kasi umabot yung perang binigay mo sakin kanina.*"]**

Napataas ang isang kilay ko. Inaano ba nito yung pera? Baka nga tama sila, nagsusugal nga ata ang luko.

**"Sabihin mo muna sakin kung saan mo gagamitin."**

**["*E-emergency..*"]**

**"Anong emergency?"**

Dinig ko ang paghinga nya ng malalim. Para bang hindi sya sigurado kung sasabihin nga ba nya sakin.

**["K-kasi... Andito ako ngayon sa KingsGround. Alam ni Yuri at Keifer ang lugar nato pero sana wag mo nalang muna sabihin sakanila."]**

*KingsGround?*

**"Hay... Hindi na kita mapapahiram kasi wala na kong pera... Ihahanap nalang kita ng mauutangan."** Sabi ko at bigla lang namatay ang tawag.

Hindi ka bastos sa part na yan. Nakatingin pa rin ako sa phone ko ng lapitan ko si Yuri. Sabi kasi ni Drew alam nya kung saan yung KingsGround.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya. **"Saan yung KingsGround?"**

Tinignan nya ko ng seryoso at parang masamang salita yung nabanggit ko.

**"Saan mo narinig yung KingsGround?"**

**"T-tumawag kasi sakin si Drew, nasa KingsGround daw sya at kailangan nya ng pera."**

Bigla nalang napahawak sa sentido si Yuri. Para bang bigla syang namroblema sa sinabi ko at sa *KingsGround* na yan.

Agad syang lumapit sa upuan nya at akmang kukuhanin ang bag nya pero pinigilan ko sya.

**"Ui! Aanu ka?!"**

**"Susunduin ko si Drew... Delikado yung lugar na pinuntahan nya."**

Agad kong kinuha yung bag ko. **"Sasama ako..."**

**"No... Stay here. It's too dangerous."**

**"Sasama ako!"** Pagpipilit ko.

Walang nagawa si Yuri. Sandali syang bumulong kila Edrix bago ako hatakin paalis.

Akala ko sa parking ang punta namin kung nasan ang mga kotse nila pero sa gate kami nagdiretso.

Pumara sya ng taxi. Pagsakay meron syang sinabing lugar na hindi pamilyar sakin.

**"Makinig ka... Kahit anong mangyari wag kang bibitaw sakin."** Utos nya.

Nag-nod naman ako. Pakiramdam kong sobrang delikadong lugar nga yung pupuntahan namin. Bigla tuloy akong kinabahan.

May ilang minuto na ata kaming nasa byahe. Medyo malayo na kami sa kabahayan. Malalaking lumang building na ngayon ang nakikita ko.

Kung hindi ako nagkakamali eto yung lugar kung saan maraming bar at beer house. Minsan ko ng narinig kila Rory ang lugar na to.

Huminto yung Taxi sa harap ng mas malaki at pinaka-luma----ata sa lahat----na building. Bumaba kami at agad akong napakapit kay Yuri.

Hindi sa nanglalait ako pero parang mga taong ewan yung mga andito. Meron babaeng halos lumuwa na yung dibdib. May lalaking sobrang laki ng katawan at naninigarilyo.

Naglakad kami ni Yuri. Sa gilid lang din ng gusaling yun kami nagpunta. Huminto kami sa tapat ng saradong bakal na pinto.

Malakas na kalabog ang ginawa ni Yuri. Bumukas ang pinto at bumungad ang----*Chitae?* May hawig kasi kay Chitae tong kaharap namin.

**"Yuri boy! Napadalaw ka!"** Sabi nung lalaki.

*Kilala nya si Yuri?*

**"Andyan ba si Tiger?"** Tanung ni Yuri dito.

*Tiger? Anong klaseng pangalan yun?*

**"Andyan syempre! Pasok kayo!"** Sabi nung lalaki at hinayaan kaming makapasok.

Makitid na hallway ang dinadaanan namin. Tanging ilaw ng Exit sign ang nagiging liwanag namin. Mahaba pa ang nilakaran namin hangang sa pumasok kami sa panibagong pinto.

*Disco ba to?*

Napaka-lakas ng music. Maraming nagsasayawan at amoy na amoy ko ang alak. Meron pang mga babae sa stage na sayaw ng sayaw. Walang ng pang-itaas yung iba sa kanila.

*Anu ba yan?*

Hinigpitan ni Yuri ang pagkakahawak sa kamay ko. Naglakad pa ulit kami hangang makarating kami sa bakal na hagdan. Wala pang tatlong baitang ang nahahakbang namin ng bigla kaming harangin ng mga naglalakihang katawan na lalaki.

**"Bawal ang highschool dito!"** Sabi nung isa.

**"Paadanin nyo kami! Hindi nyo ba ko nakikilala?!"** Galit na sabi ni Yuri.

Bahagyang tumawa yung mga lalaki. **"Ikaw, oo! Pero yang kasama mo, hindi!"**

**"Padaanin nyo na kami kung ayaw nyong magkagulo dito!"** Banta ni Yuri dahilan para magsalubong yung kilay nung mga lalaki.

**"Hindi ikaw ang mag-uutos----"**

**"Yuri!"** Sigaw ng kung sino mula sa pinaka-taas ng hagdan.

Naka-tiger print jacket sya. Naka-shades at parang mais yung kulay ng buhok nya. May hawig sya sa kumanta ng *Pen-Pineapple-Apple-Pen.*

Sumenyas sya dun sa mga lalaking kaharap namin at agad silang nagbigay ng daan para samin.

**"Yuri! Yuri! Yuri!"** Sabi nung lalaki kay Yuri habang naka-akmang yayakap.

**"Asan si Drew?"** Diretsong tanung ni Yuri.

Ngumiti ito samin at sumenyas na pumasok kami sa loob. Kahit parang nag-aalangan, tumuloy pa rin kami.

Para syang opisina at salamin ang pinaka-pader nito. Dahilan para makita yung mga taong nagsasayaw sa labas.

Sa sofa namin nakita si Drew. Tahimik lang sya at halatang medyo takot.

**"Drew..."** Tawag ko sa kanya.

Tumingin sya sakin at nagulat ng makita kami ni Yuri. Pero bago pa sya makapag-salita, hinawakan na sya nung lalaking mais ang buhok sa balikat.

**"May kaibigan pala kayong babae? Ang alam ko, puro lalaki ang Section E."** Sabi nya at tinignan ako.

Bahagya akong nagtago sa likod ni Yuri. Ang creepy kasi ng itsura nya.

**"Wag kang matakot... Ako si Tiger, ang may-ari ng lugar na to. Ikaw?"** Sabi nya habang iniikutan kami.

**"J-jay-jay..."** Sagot ko.

**"Nice to meet you..."** Sabi nya sakin bago umupo sa tabi ni Drew.

Medyo nagulat si Drew pero hindi yun ang inaalala ko sa kanya. Halata kasi sa itsura nya na gusto na nyang umalis dito at parang nagmamakaawa samin.

**"Anu nga pa lang kailangan nyo?"** Tanung nung Tiger samin.

**"Si Drew... Magkanu utang nya sayo? Ako na magbabayad."** Sabi ni Yuri.

**"Paborito kong salita ang *magbayad.* Yun nga lang hindi na pera ang sinisingil ko. Alam mo yan? Minsan ka ng naging tambay dito."**

Napatingin ako kay Yuri. Naging tambay si Yuri sa lugar na to? Yung itsura ng lugar na to, natagalan nya?

**"Hindi kakayanin ni Drew."** Sagot nya kay Tiger.

**"Sinong may sabing si Drew? Sabi mo ikaw ang magbabayad..."** Tumayo yung tiger at agad na binuksan yung pintong malapit sa office table nya. **"...Alam mo na ang gagawin... Kundi, yang kasama mong babae ang magbabayad sa ginawa nito."** Sabay turo kay Drew.

Pumasok sya ng kwarto at naiwan kaming tatlo sa loob. Sa totoo lang hindi ako natatakot sa kanya. Hindi ko lang kasi naiwasan na hindi isipin yung mga sinabi nya.

**"Yuri... Anong ibig nyang sabihin na dati kang tambay dito?"** Bungad ko.

**"Jay... Wag muna nating pag-usapan yan."** Sagot nya sakin.

Para syang natataranta. Halatang naiinis sa sitwasyon.

**"Bakit hindi mo sabihin na dahil kay Ella kaya naging tambay dito?"** Sabi ni Drew

Pareho kaming matigilan at nagtinginan ni Yuri.

*Anong ibig sabihin ni Drew don?*

**Author's Note:** Alam ko kulang... Dapat talaga 10 chapters, kayalang hindi kinaya.

Mag-papaalam lang po sana ako sa inyo. Matatagalan po ang aking sunod na update. Sa dahilang kailangan kong mag-focus sa aking work. Alam nyo na, patapos na kasi ang training kaylangan ko ng magseryoso----kahit ayoko.

Kagaya dati, bibitinin ko ulit kayo but i promise na babawi ako sa sunod na update ko. I hope you understand...

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 101

**Author's Note:** i miss pressing 'Publish'. Hahahaha iMissYou guys.

**Yuri's Pain**

***Jay-jay's POV***

**"Sorry... Hindi na dapat ako tumawag sayo ng hindi ka nadamay dito."** Sabi sakin ni Drew.

Gustuhin ko man syang sermunan hindi ko magawa. Andito na kami, anu pang saysay ng sermon ko. Tuloy tuloy lang kami sa paglalakad habang sinusundan si Yuri.

Hindi ako sigurado kung saan patungo tong Hallway na to.

**"Drew... Pwede mo bang sabihin sakin kung bakit naging tambay si Yuri dito?"** Bulong ko sa kanya.

Umiling si Drew. **"Sya dapat ang kausapin mo tungkol dyan."**

Hindi kasi mawala sa isip ko yun. Anong ibig nyang sabihin na si Ella ang naging dahilan?

Sa totoo lang, ayoko dito sa lugar na to. Puro illegal business yata ang nandito. Umamin na samin si Drew, nagsusugal nga sya.

Yung perang hiniram nya sakin naitalo daw nya. Nasabunutan ko nalang ang sarili ko sa inis. Wala na kong *ados* (pera), tinatabi ko yung pinahiram ko sa kanya, tapos nag-disapearing act pa.

*Punyeta.*

Nangako naman sya na papalitan nya pero syempre, kelan?

**"Yuri..."** Tawag ko. **"...Saan ba tayo pupunta?"**

Patuloy si Yuri sa paglalakad. **"Magbabayad..."** Bored nyang sagot.

Ang hirap ng ganito. Yung hindi mo alam yung pupuntahan mo tapos ayaw pang sabihin ng mga kasama mo.

*Kainis!*

Kaunting liko at kanan pa hanggang sa may naririnig akong malakas na sigawan. Parang may nanunuod ng laban ni Pacquiao. Kaunting lakad pa at mas lalung lumalakas ang sigawan.

Paglabas ng hallway, ang daming tao. Sobrang dami at halos lumuwa na ang mga lalamunan nila sa pagsigaw.

Merong malaking kulungan sa gitna. May naglalaban sa loob na dalawang lalaki.

**"A-anu tong lugar na to?"** Tanung ko.

**"Underground fight."** Sagot ni Drew.

May narinig kaming sumipol ng malakas. Mula sa hindi kalayuan malapit sa ring nakita namin yung Tiger. Nakapwesto sya sa parang biranda, may lamesita at sofa. Sya lang ang tao don.

Lumapit kami don at mula sa pwesto namin. Kitang kita namin yung naglalaban sa gitna.

**"Naiinis ako sa laban! Mga wala silang saysay!"** Sigaw ni Tiger at nagsalin ng alak sa baso. **"...Yan sanang bata na yan ang ipapasok ko buti nalang dumating kayo!"** Sabay turo kay Drew.

Mukang nagulat sya sa sinabi ni Tiger. Sa itsura nya at itsura ng lugar halatang hindi sya tatagal.

May taong lumapit kay Tiger at nag-abot ng isang bagay na nakabalot sa tela. Nilapag nya yun sa lamesita at binaba na rin ang basong hawak nya.

**"Alam mo na ang gagawin Yuri. Dating gawi..."** Bored na sabi nya bago buksan yung balot na tela.

Bumungad ang isang army knife. Napatingin ako kay Yuri na walang expression.

*Para saan ang army knife?*

**"Ikaw ang sunod, pagkatapos ng laban na yan."** Dagdag ni Tiger.

Tumayo si Yuri at agad na hinubad ang polo at tshirt na pangloob nya, pati sapatos tinanggal na rin nya. Nakita ko na naman yung mga peklat nya sa katawan.

Kinuha ni Yuri yung kutsilyo at winasiwas sa kamay nya. Parang alam na alam na nya kung panu yun gamitin.

Napaatras kami ni Drew. Para kasing naging ibang tao sya nung nahawakan yung patalim. Naguguluhan ako sa mga nangyayari.

Sandali syang tumingin sa naglalaban bago humarap samin. Halatang nakiki-usap yung tingin nya.

**"I will explain everything... But please don't judge me."** Sabi ni Yuri at tumingin kay Drew. **"...Keep her safe."**

Naglakad na sya paalis sa pwesto namin at nagpunta sa malaking kulungan. Hindi ko na sya nakita dahil sa dami ng tao.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Tiger. Minwestrahan nya kong umupo sa katabi nyang sofa. **"...Mag-kwentuhan muna tayo bago mag-umpisa ang laban ni Yuri."**

Ayoko sana. Hindi ako komportable sa kanya. Itsura pa lang kasi hindi katiwa-tiwala.

*Kanta ka muna PPAP!*

Napilitan akong maupo sa sofang tinuro nya. Nasa teritoryo ako ng ibang tao, ayokong gumawa ng eksena at baka kuyugin kami.

**"Saan mo naman nakilala si Yuri?"** Tanung nya.

**"C-classmate ko sila... Section E din ako."**

Bahagya syang tumawa. **"Pagkakataon nga naman oh! Naging Section E din ako sa school na yan. Classmate ko si Michael Angelo Fernandez... Dun ko nakilala si Yuri at iba pa."**

Naging kaklase nya si Kuya? Eh parang ang layo ng edad nila sa isa't isa.

**"Panong nakilala?"**

**"Hm?... Nakabuntot sila lagi kay Angelo. Apat pa nga sila, nakalimutan ko lang mga pangalan. Tapos nung grumaduate ng college ang hayop, hinayaan na nya tong mga nakabuntot sa kanya."** Mabilis nyang sagot.

Hindi ko masabi kung galit sya kay Kuya. Nagdadalawang isip tuloy akong magtanung baka mahalata nya na interesado ako sa kwento ni Kuya.

**"Y-yun ba yung dahilan kaya naging tambay si Yuri dito?"** Alanganin kong tanung.

Umiling si Tiger. **"Dati ng tambay si Yuri dito kasama ni Keifer. Yung tambay na sinasabi ko, *Dito* mismo!"** Sabay turo sa pwesto namin.

Ibig ba nyang sabihin, pumasok si Yuri sa underground fight?---*shit!* Kaya ba alam nya kung panu humawak ng kutsilyo? At yung mga peklat nya.

**"N-naguguluhan po ako."**

Tumungga sya sandali. **"Yung disco sa taas, paborito nilang tambayan yon. Lalu si Keifer----naku! Ang lakas makahatak ng gulo nyan. Lahat inaaway!"**

*Hindi ka nag-iisa. Naiintindihan kita!*

**"...Ang alam ko nagka-girlfriend yun. Tapos hindi na ulit sya nag-punta dito."** Dagdag pa nya.

Yun siguro yung panahon na sila na ni Ella. Kaya din naman pala nyang magpaka-good boy.

**"...Tapos itong si Yuri, nawala ata sa sarili. Nakikipag-away sya dyan sa labas nung makita ko sya. Kapag tinatanung namin, hindi sumasagot. Hangang sa nagsabi sya na sasali daw sya sa Kingsground..."** Tumungga sya ng alak. **"...Hindi ako pumayag. Ang bata nya pa, baka magaya lang sya sakin pagnagkataon. Pero hindi sya nagpa-awat at yun. Natagpuan ko sya sa loob ng cage at nilalabanan ang isa sa underdogs ko."**

Kung si Keifer, hindi na nagpunta dito nung naging sila ni Ella. Si Yuri naman ang naiwan ng dahil----*shit!*

Parang naiintindihan ko na. Yun yung time na broken hearted sya dahil kay Ella. Naging tambay sya dito dahil kay Ella!

Sandaling lumakas ang sigawan dahilan para mapatingin kami sa malaking kulungan. Tapos na ang laban, si Yuri na ang susunod.

Hindi ko maiwasan na hindi mag-alala. Kahit marunong lumaban si Yuri, hindi pa rin masasabi.

Pumasok sa loob si Yuri, hawak ang kutsilyong binigay ni Tiger. Pumasok na rin yung kalaban nya at aaminin ko. Malaki ang pinag-kaiba nila. Masyadong malaki yung kalaban ni Yuri kumpara sa kanya.

*Jusme!*

Tumunog ang bell at agad pumorma si Yuri at kalaban. Ikutan lang sila ng ikutan. Naghihintayan at nakikiramdam kung sinong mauuna.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

Nung huling beses akong nagpunta dito kaharap ko ang pinaka-hindi-ko-inaasahan na tao.

*Keifer.*

I don't know what i'm doing back then. I'm not in myself. Nung pinili ni Ella si Keifer, pakiramdam ko binagsakan ako ng mundo.

Ang alam ko lang nung mga panahon na yun, hindi nila ko dapat makita. Mahal ko si Ella, gusto ko syang maging masaya at ayokong isipin nya pa ko.

*It really fvcking hurt!* Sa sobrang sakit gusto ko nalang mamatay. Pero hindi ako ganun kahina. I will never let the pain decide for me.

Gusto kong mawala yung sakit na nararamdaman ko. *Move on?* I don't think so. But the fastest way for me is if i feel another pain.

*Pain vs pain*

Yun ang akala kong tama. Yun ang akala kong mabilis na paraan. Yun ang akala ko tatapos sa nararamdaman ko para sa kanya.

*Pero mali ako...*

Isang babae lang pala ang tatapos ng nararamdaman ko para kay Ella. Sya ang babaeng nakatingin sakin ngayon na puno ng pag-aalala.

*Jay-jay.*

Kung noon lumaban ako dito para makaramdam ng sakit, para ilabas lahat ng sakit at galit at para itapon ang sarili ko.

Ngayon, lalaban ako para sa kanya. Lalaban ako para ipagtanggol sya, para masiguro na ligtas sya at para sa nararamdaman ko sa kanya.

*At hinding hindi ako magpapatalo!*

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Mababaliw na ko!

Bawat wasiwas ni Yuri at ng kalaban nya ng kutsilyo nalalaglag ang puso ko. Masyadong intense tong nangyayari.

**"Kaya ni Yuri yan!"** Sabi ni Drew na nasa tabi ko.

Alam kong tinatanggal lang nya yung pag-aalala na nararamdaman ko. Pero panu mangyayari yun kung pati sya nanginginig sa kaba.

**"Hayaan nyo sya! Matalino yan si Yuri! Alam nya ang gagawin!"** Sabi ni Tiger.

*Kahit na! Kingina naman kasi!*

Kutsilyo kaya ang labanan. Suntukan nga lang nakakatakot na eh, yan pa kaya.

**"Aaahhh!!!!"** Sigaw ko ng bigla tamaan si Yuri ng kutsilyo sa dibdib.

Mukang daplis lang dahil hindi naman nya ininda pero meron paring dugo.

**"Kingina! Hindi ko na kayang manuod!"** Sabi ko at tinakpan ang mata ko.

Pero hindi ko rin matiis na hindi sumilip. Lalu kapag lumalakas ang sigawan ng mga tao.

Sandali pang nag-wasiwasan ng kutsilyo at natamaan ni Yuri yung kalaban. Ang daming dugo at halatang nagalit yung isa.

Bigla nalang binato nung kalaban yung kutsilyo nya kay Yuri. Naka-ilag naman sya pero agad nasundan ng suntok yun.

**"Yuri!"** Sigaw namin.

Nakatayo sya agad pero hindi na nya hawak yung kutsilyo nya. Nauwi sa suntukan ang laban. Sa laki ng kalaban nya, nahihirapan syang bumawi.

Bumagsak si Yuri at parang nahirapang tumayo. Hindi na ko nakatiis. Agad akong tumakbo papunta sa kanila. Alam kong hindi ako makakapasok kaya tinapatan ko yung pwesto nya.

Dahil bagsak na si Yuri, sinisipa-sipa na sya nung kalaban nya.

**"Yuri! Tumayo ka! Please!"** Sigaw ko.

Hindi ko alam kung naririnig nya ko pero hindi pa rin ako tumigil sa pagsigaw.

**"YURI! Please!"**

Patuloy ako sa pagtawag sa kanya. Sa hindi ko maitindihan na dahilan kusa nalang tumulo ang luha ko kasabay ng bawat sigaw ko.

Hindi pwede! Hindi pwede to!

**"Please! Tumayo ka na!"**

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 102

**Round 2**

***Jay-jay's POV***

Akala ko dun na mamatay si Yuri. Akala ko hindi na sya tatayo. Akala ko mawawala na sya sakin----samin.

**"Wag kana umiyak... Sorry kung tinakot kita."** Sabi ni Yuri habang pinupunasan yung luha ko.

Kahit kasi tapos na yung laban umiiyak pa rin ako. Hindi ko mapigilan eh.

Nilalagyan ko ng gamot yung sugat nya. Hindi ko pinapansin yung mga sinasabi nya.

**"I heared you. Yung sigaw mo, yung pakiki-usap mo at pagtawag mo sa pangalan ko."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Sandali ko syang tinignan at bumalik sa ginagawa ko. Halos mamaos ako sa kakasigaw at sumakit na rin yung palad ko kakampas sa kung saan para lang mapansin nya ko.

Buti nalang at nagawa nyang maiwasan yung huling sipa nung kalaban nya. Nakabawi sya at agad gumanti. Pinuntirya nya yung sugat at agad na pinagsusuntok.

Kusa nalang sumuko yung isa. Ang laki pa naman ng katawan nya tapos hindi na kayanan yung mga ginawa ni Yuri.

**"Jay... Galit kaba sakin?"** Tanung nya.

Hindi ko sya pinansin. Naiinis ako, andun pa rin yung takot ko. Hindi ako makapaniwala na ganun yung ginagawa ni Yuri dati.

**"Yuri... Tinatawagan na ko ni Keifer. Mukang hinahanap na tayo."** Sabi ni Drew.

Ramdam ko yun takot at pag-aalala nya. Malilintikan kasi sya kay Keifer kapag nalaman tong ginagawa nya.

**"Tapos na ko..."** Sabi ko at niligpit na yung first aid kit na pinahiram ni Tiger.

Hinawakan ni Yuri yung kamay ko dahilan para matigilan ako sa pagtayo.

**"S-sorry..."** Sabi nya.

Binawi ko yung kamay ko at naglakad papunta sa table para ibaba dun yung first aid kit.

Napatingin ako kay Drew na nakaharap sa phone nya. Nakaramdam ako ng matinding inis at kusa nalang tumaas ang kamay ko para kutusan sya.

**"Aray! Para saan yun?!"** Sabi nya habang nakahawak sa ulo nya.

**"Sa susunod na magsugal ka, kakalbuhin kita!"** Banta ko sa kanya.

**"Sorry... Hindi ko matiis, nakaka-adik kaya."** Katwiran nya.

Lalu akong naimbyerna sa sinagot nya kaya naman panibagong kutos ang binigay ko sa kanya.

**"Aray! Bakit na naman?!"** Reklamo nya.

**"Naiinis ako!"** Sagot ko at akmang kukutusan ulit sya pero may kamay na humawak sakin.

Pagtingin ko, hindi ko alam kung lalu ba kong maiinis o maaawa. Nakiki-usap na naman kasi yung tingin ni Yuri sakin.

**"Alam kong galit ka sakin."** Sabi nya.

*Buti alam mo!*

Nagulat ako ng bigla nalang nya kong yakapin. Nasubsob ako sa dibdib nya. Nanigas na naman yung katawan ko.

**"Y-yuri..."**

**"Sorry na... I promise hindi ko na uulitin to. Hindi na ko babalik sa lugar na to kung hindi kailangan."** Bulong nya sakin.

Kusang gumalaw yung kamay ko para yakapin din sya. Aaminin ko, hindi pa rin nawawala yung takot ko sa nangyaring laban pero nawala na yung inis at galit ko.

Hangang sa meron akong na-realize.

**"Y-yuri... B-baka pwede kanang bumitaw."** Sabi ko na agad naman nyang ginawa.

Wala kasi syang pang-itaas na damit. Nakasubsob pa ko sa kanya.

**"May something naba kayo?"** Biglang tanung ni Drew dahilan para mamula si Yuri at tignan ko sya ng masama.

Lumakad si Yuri para kuhanin yung damit nya at magbihis.

**"May utang pa nga pala akong paliwanag sayo."** Sabi nya.

Yun pa nga pala pero naiintindihan ko na. Hihingin ko paba yung paliwanag nya? Hindi nalang ako nagsalita para hayaan sya.

Lumabas si Drew sandali at nagpaalam na magc-Cr. Andito ulit kami sa office ni Tiger. Kami lang ang andito dahil meron syang kinakausap.

**"I don't know where to start..."** Sabi ni Yuri at huminga ng malalim.
**"...Maybe when Ella didn't choose me."**

Nagpilit sya ng ngiti sakin. Ginantihan ko yun para maging komportable sya.

**"Halos sabay kaming umamin ni Keifer kay Ella. Una pa lang ramdam ko na special yung tingin nya kay Keifer pero trinato nya kong higit sa kaibigan. Umasa ako na dapat pala hindi ko ginawa..."**

**"...Selfish si Keifer pagdating sa babae. Binakuran nya si Ella at siniguradong magiging kanya. Hindi ako sumuko, nagbaka sakali na baka pwede ako nalang. Pero si Keifer ang pinili nya..."**

**"...Tinanggap ko nalang. Masakit pero ganun talaga. Then i found myself wasted. Lahat yata ng nasalubong ko hinamon ko ng away..."** He laugh bitterly. **"...I don't know how pero kusa nalang akong dinala ng paa ko sa lugar na to. Napa-away at nakita ako nila Tiger sa labas..."**

**"...They keep asking question that---honestly---i don't know the answer. Naki-usap ako na sasabak ako laban. Ayaw nila syempre, bata pa daw ako pero yun ang gusto ko. Kaya nilabanan ko yung isa sa underdog ni Tiger. Nanalo naman ako kaya pumayag na sya."**

**"Kaya ka naging tambay sa lugar na yon?"** Tanung ko.

Nag-nod naman sya bilang pagkumpirma. **"The more fight i encountered, the more i become addicted to it. Yung sakit ng pisikal na laban yung naging pantakip ko sa sakit nito..."** Sabay turo sa puso nya. **"...no one can stop me. Lahat ng klase ng laban pinasok ko. Pero yung pinaka-paborito ko yung sa kutsilyo. Mamali lang ako ng galaw, patay ako at lahat ng sakit mawawala na."**

Sabi nya, wala na daw yung sa kanila ni Ella but somehow nararamdaman ko pa rin na nasasaktan sya.

*At ayokong maramdaman yun.*

**"P-panu ka tumigil?"**

Huminga sya ng malalim at napayuko. **"Si Keifer... Pinuntahan nya ko dito."**

**"Kinausap ka nya?"**

Umiling sya. **"Nilabanan nya ko... Suntukan lang yun at wala pang dalawang minuto napabagsak nya ko."**

Natahimik ako. Kakaiba din kasi yung paraan nitong si Keifer. *Galawang ulupong.*

**"...Wala syang sinabi pero kusa akong huminto pagkatapos nun. Pumasok ulit ako sa school at pilit inayos yung lahat."**

**"Panu kayo naging okay ni Keifer?"**

Hindi na dapat ako nagtatanung. Para kasing ginagatungan ko lang yung sakit na nararamdaman nya.

**"Kusa nalang... Ganun naman kaming mga lalaki. Wala ng usap basta yun na yon."** Sabi nya at ngumiti.

Napangiti nalang din ako. Ganun talaga sa kanila, mas mahalaga yung pagkakaibigan nila kesa sa mga naging away nila.

**"So, yung mga peklat mo sa katawan dito pala galing?"** Tanung ko.

**"Oo... Mababaw lang naman lahat ng yan, hindi nila ko kayang puruhan."** Pagyayabang nya.

Bigla nalang bumukas yung pinto. Akala namin si Drew pero si Tiger pala. Salubong ang kilay nya at halatang iritable.

**"Hindi ako natutuwa!"** Sabi nya habang nagpapa-ikot-ikot sa harap namin.

Dumating si Drew at halatang naguguluhan sa nangyayari. Tinignan nya kami na parang nagtatanung ng '*Anung meron?*'. Nagkibit balikat lang ako.

**"Isang laban pa..."** Sabi nya at tumingin kay Yuri. **"...Isang laban nalang at papaalisin ko na kayo."**

Hinawakan ko agad ang braso ni Yuri. Ayoko na syang lumaban, tama na yung kanina.

**"A-ayoko na... Isa lang ang usapan natin."** Sagot ni Yuri.

**"Hindi... Hindi... Hindi... Gusto ko ng isa pang laban. Ang gusto ko lumaban ka ulit..."** Sandali syang nag-isip. **"...Tama! Labanan mo si Keifer! Ituloy nyo yung laban nyo dati!"**

*Nababaliw na sya!*

**"Tiger... Hindi naman ganun kadali yun!"** Inis na sagot ni Yuri.

**"Edi si Keifer nalang ang ilaban natin!"**

Wala na ata talaga sa pag-iisip si Tiger. Kung anu-anu nalang ang sinasabi nya.

**"Madali na yun! Papuntahin nyo si Keifer dito! Ngayon na! Kasi kung hindi!"** Inis na sabi nya at bigla nalang naglabas ng baril.

Nanigas ang buong katawan ko. Mamatay na ko, hindi pa man din nakakalabit yung gatilyo pakiramdam ko mamatay na ko. Ganun ata talaga kapag nakatutok sa ulo mo yung baril.

**"Si Keifer! Ngayon na!"** Sigaw nya.

Hindi ako makahinga. Nanginginig ang kamay ko habang nakataas, na para bang sumusuko ako. Sumusuko naman talaga ako, wala akong laban sa baril!

**"H-hindi sumasagot!"** Sabi ni Drew.

Dama ko din ang takot nya. Bakit ngayon pa sya hindi sumagot? Wala talagang saysay tong Hari ng mga ulupong.

**"Edi puntahan nyo!"** Sigaw na naman ni Tiger at lalung dinutdot ang baril sa ulo ko.

*Ayoko pang mamatay!*

**"P-pupuntahan na namin! Wag mo lang sasaktan si Jay-jay!"** Paki-usap ni Yuri.

*Wag nyo kong iwan dito!*

Hindi ako makasigaw o makapagreklamo. Lumabas na sila Drew at Yuri kaya binaba na ni Tiger ang baril.

Nakahinga ako kahit konti. Naging tahimik ako. Takot? Siguro. Nakakanginig kaya ng laman ang matutukan ng baril.

**"Gusto mo ng pizza?"**

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"You son of a b*tch!"** Sigaw ko at agad na sinikmuraan si Drew.

**"Keifer! Tama na!"** Awat nila sakin pero hindi ako tumigil.

Binuhat ko si Drew at sinuntok sya sa muka. Wala akong pake kahit dumudugo na ang labi nya.

**"Keifer!"** Tawag sakin ni Yuri.

Sobra yung galit na nararamdaman ko. I turn to Yuri and immediately punch him.

**"You! You know that it's a very dangerous place for Jay-jay yet you bring her there!"** I said.

**"Tama na Keifer! Puntahan nalang natin sya!"** Sigaw sakin ni Ci-N.

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko. Natakasan ako ng lintik na babae na yun, what worse hindi pa mahanap ni Edrix ang signal ng phone nya. Kasi nga nasa Kingsground sya.

*Fvck!*

Tinignan ko si Drew at Yuri. **"Kapag may nangyaring masama kay Jay-jay... Lulumpuhin ko kayong dalawa! Tandaan nyo yan!"**

Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kapag may nangyari sakanyang masama.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 103

**New Friend**

***Jay-jay's POV***

Hindi naman pala sya masama. Hindi ko sinasabi to dahil pinakain nya kong pizza. Nag-sorry din kasi sya sakin nung tinutukan nya ko ng baril.

Habang hinihintay sila Keifer, nagkukwentuhan kami at kumakain. Pati mga kasama nyang malalaki katawan mabait din naman pala.

*Grabe! Ang judgemental tuloy ng dating ko.*

Kung anu-anu lang pinag-uusapan namin. Nabanggit nya sakin na meron daw bestfriend na babae si Kuya Angelo. Nakalimutan na daw nya yung pangalan.

**"..Minsan lang namin sila makitang magkasama... Siguro kasi ibang section yung babae."** Pagtutuloy nya sa kwento.

**"Panu sila naging bestfriend kung minsan lang sila magkasama?"** Tanung ko bago sumubo ng pizza.

**"Kasi... Sya lang ang babaeng nakalapit kay Angelo. Nag-uusap sila na parang normal na tao."**

**"Normal na tao naman sila ah?"**

Umiling sya bigla. **"Hindi.. hindi mo nag-gets. Kakaiba kasi si Angelo, awra pa lang mapapa-atras kana. Sya yung tipo ng tao na tingin pa lang pinapatay kana. Kahit kaming mga kaklase nya takot lumapit sa kanya nung una. Buti nalang at hindi rin sya mahirap pakisamahan."**

Ganun kalupit si Kuya Angelo? Nakakatakot pala talaga sya. Sabagay, sinabi na sakin ni Keifer nun, nung nakita namin yung picture nya.

**"Eh asan na yung babae?"** Tanung ko at kumaha ulit ng pizza.

**"Tsss... Hindi ko alam eh. Basta sa ibang lugar na sya nag-aral ng kolehiyo. Wala na kong balita sa kanya."**

Sayang, gusto ko pa naman sya makilala. Gusto kong itanung kung anong ugali ni Kuya nung bata pa sya.

Uminom ako sandali ng coke na binigay nila sakin.

**"Tama! Naalala ko na yung pangalan ng mga kasama nila Yuri at Keifer. Apat sila na laging nakabuntot kay Angelo noon eh."** Napatigil ako at napatingin sa kanya. **"...Percy at Aries yung pangalan nung dalawa. Lagi silang nakabuntot kay Angelo at tinatawag syang Boss."**

Oo nga pala. Sinabi na ni Keifer na magkakaibigan sila dati at nagkalamat yun ng akala nilang namatay si Percy.

*Teka Boss?*

Yun din yung sinabi sakin ni Keigan dati. Yun pala yun, kaya siguro parang pinatigil sya ni Keifer sa pagsasalita.

**"Hahaha.. Naalala ko si Keifer, lagi silang nagkakainitan ni Aries. Lagi kasing pinagkukumpara kaya sila yung laging nag-aaway. Si Yuri yung tahimik sa kanila at lagi lang nag-oobserba. Si Percy naman yung maluko, makasat at laging nakatawa."**

Nakaramdam ako ng lungkot sa sinabi nya. Pumasok din yung word na '*Sayang*'. Kung hindi siguro nangyari yung aksidente hindi magkakalamat yung pagkakaibigan nila. Tapos nagatungan pa nung isyu nila ni Ella.

**"Hindi ko na nakikita yung dalawa... Ewan ko kung anu nang balita don."** Sabi nya at akmang kukuha ng pizza kayalang naubos ko na.

*Daldal kasi...*

**"Sarap eh... Sorry."** Sabi ko sabay peace sign.

Napa-nguso nalang sya. Napilitang uminom ng coke. Saktong pagtingin ko sa orasan bigla nalang bumukas ang pinto at bumungad ang galit na galit na Keifer.

++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

**"Is this a joke?!"** I ask irritatedly.

Halos patayin ko lahat ng humarang sa daan ko mapuntahan lang sya tapos eto ang dadatnan ko.

**"Relax Keifer..."** Sabi ng pesteng Tiger.

**"Bati na kami... Nag-sorry na sya."** Jay-jay said and drink coke.

*Sorry?* Baliw naba ang babaeng to?

**"Sorry? Tinutukan ka nya ng baril sa ulo! Tapos sorry lang, okay na kayo?!"** Galit na sabi ko.

Nasuklay ko nalang ang sarili kong buhok. I can't believe this.

**"Wala ba syang ginawang masama sayo?"** Tanung ni Yuri kay Jay-jay.

**"Wala... Pinakain lang nya ko pizza."**

**"Nagpa-uto ka ng dahil sa Pizza?!"** Tanung ko habang tinitignan sya ng masama.

**"Naku! Ewan ko sayo Keifer! Ang hirap mo paliwanagan! Ganu ba kaliit yang utak mo?! At hindi mo maintindihan yung sinasabi ko!"** Inis na sabi nya sakin at nag-pamaywang pa.

**"Don't talk to me like that!"** I shout while pointing to her.

**"Eh kasi nga ang hina ng kokote mo!"**

**"Kasi matigas yang ulo mo! Kung tutuusin this is your fault, kung hinayaan mo si Yuring sunduin si Drew wala sana kami ngayon dito!"**

**"Gusto kong sumama! Nag-aalala ako kay----"** napahinto sya ng makita ang itsura ni Drew. **"Bakit ganyan ang itsura mo?!"**

Hindi sya sumagot pero pare-pareho silang tumingin sakin. *Tss.*

**"Punyeta ka! Bakit mo sinaktan si Drew?!"** Galit na tanung sakin ni Jay-jay.

**"Because i want to!"**

**"Gago kaba o wala ka lang talagang utak?!"**

*Did she just call me walang utak?*

Unbelievable! Ako pa talaga yung tinawag nyang walang utak.

**"Ikaw ang walang utak sating dalawa!"** Sabi ko ng may mas malakas na boses sa kanya.

**"Bwisit ka! Bakit ba nagpunta kapa dito kasama yang-----Asan si Ci-N?!"**

Pare-pareho kaming napalingon sa kaninang pwesto ni Ci-N. Halos magkatabi lang sila ni Drew pero bigla syang nawala.

Great! Another search and rescue operation.

**"Yung bata ba?"** Tanung ni Tiger. "**...Ayun sya. Nakikisayaw sa mga dancer."**

Sabay-sabay kaming tumingin sa tinuro nya. Ci-N is dancing with the girls.

**"Damn it! Kit, Rory, Calix and Edrix puntahan nyo si Ci-N!"** Utos ko.

Hinarap ko si Tiger na halatang tuwang tuwa sa nakikita nya. His starting to get into my nerves.

**"Gusto mo kong makitang makipaglaban diba?! Asan na yung kakalabanin ko?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

He chuckled. **"Hindi na... Nag-enjoy na ko sa away nyong dalawa ni Jay-jay."**

++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Salamat Tiger!!"** Sigaw ko habang kumakaway.

**"Bye Jay! I-kamusta mo nalang ako kay Angelo!"** Sigaw din nya.

Nag-lakad na kami paalis pero itong Hari ng mga ulupong masama pa rin ang titig sakin.

**"Gusto ko pang mag-sayaw ih!"** Pagmamaktol ni Ci-N.

Mula sa stage na sinasayawan nya kanina binitbit sya nila Calix. Hinawakan ni Kit at Rory yung magkabilang braso nya samantalang binitbit naman sya ni Calix at Edrix sa binti.

*Kulit talaga...*

**"Edi maiwan ka dito! Uuwi na kami!"** Galit na sabi ni Keifer kumag.

Tignan mo tong tao na to. Nagpapaka-abnormal na naman. Inakbayan ko si Ci-N.

**"Hindi pwede... Gusto mo sumbong kita kay Rakki?"** Bulong ko sa kanya.

**"Tara! Umuwi na tayo! Napaka-pangit ng lugar na to!"** Sigaw nya habang nagpapaka-una sa paglakad.

*Hahaha...*

Sabay-sabay kaming naglalakad ng mga ulupong na to. Wala daw kasing dumadaan na taxi sa area na to kaya kaylangan pa naming lumayo. Hindi rin nagdala ng kotse sila Keifer dahil puro carnapper daw yung lugar.

**"Kumain muna tayo!"** Sigaw ni Felix na sinang-ayunan ng iba.

**"Saan tayo kakain?"** Tanung ko.

**"KILA EMAN!"** Sabay sabay na sigaw nila kaya napakamot nalang ng ulo si Eman.

Nang makarating sa main road, nagmamadali sa pagpara ng taxi ang mga luko. Hinarang pa nila yung iba at halos murahin na sila ng mga driver.

Nakarating kami sa Resto nila Eman. Nagmamadali pa sila sa pag-order na kala mo maman uunahan sila ng kung sino.

*Mga wala namang pambayad.*

Medyo nag-iba na itsura ng Resto nila Eman. Mas naging maayos na at dumami na rin yung mga Crew. Buti na nga lang mabilis naka-recover yung Tatay nya.

Napatingin ako kay Mayo, meron kasi syang hawak na papel at para syang may sinasagutan.

**"Anu yan?"** Tanung ko paglapit sa kanya.

**"Registration Form sa school na gusto kong pasukan."** Sagot nya.

Nag-nod naman ako. Binasa ko yung mga part na sinagutan na nya.

**"Balak mo pa lang mag-mechanical engineering?"**

Nakita ko kasi yung kursong nilagay nya.

**"Oo.. ikaw ba? Anung kukuhanin mo? Tsaka saan ka mag-aaral?"** Balik nyang tanung sakin.

Napa-isip ako. Hindi ko pa nga pala ang kukuhanin kong kurso. Wala pa din akong target na school. Kala ko kasi dati hindi ako aabot sa college.

**"Wala pa eh... Hindi ko pa din alam kung saan."**

**"Dapat pag-isipan mo na. Mahirap kapag andun kana tapos wala ka pang naiisip."**

Tama sya dun. Panu nga kung graduation na tapos enrollan sa college? Mapag-iiwanan ako, ayoko yata nun.

**"Dun ka nalang din sa Hemilton University."** Singit ni Kit sa usapan.

Pati yung iba nagsi-lapit na rin samin na para bang napaka-importante ng pinag-uusapan namin.

**"Bakit? Anung pinag-uusapan nyo?"** Tanung ni Ci-N at naupo sa tabi ko.

**"School na pagpipilian ni Jay-jay."** Sagot ni Kit.

**"Dun ka nalang sa school ko."** Buong galak na aya ni Ci sakin.

**"Saan ba yang school mo?"**

**"Sa Oxford..."** Mabilis nyang sagot.

Napangiwi ako sa sinabi nya. Parang napaka-lapit at napaka-daling pumasok sa school na yun.

**"Ci-N... Hindi tayo magkasing talino."**

Ngumiti nalang sya habang naghihimas ng batok. Minsan talaga, masarap kutusan tong bata na to.

Pero san nga kaya ako papasok? Pati kurso na kukuhanin, hindi ko din alam.

**"Oh kaya dun ka sa school ni Yuri."** Sabi ni Rory.

**"Saan naman sya?"**

**"Sa Japan! Hahaha..."** Mabilis nyang sagot at nagtatawa.

Napatingin ako kay Yuri. Sa Japan sya mag-aaral? Sa ibang bansa pa, ang layo naman. Nakaramdam ako ng lungkot.

Tinignan ko silang lahat, ngayon ko lang naisip na lahat kami nagkakahiwa-hiwalay na pala. Pwedeng matagal bago ulit magkita at pwedeng hindi na.

*Parang ayoko atang malayo sa kanila.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 104

**Bad Day**

***Jay-jay's POV***

Ang tagal naman mag-usap nitong dalawa na to. Samantalang papapirma lang ng waiver tong si Aries kay Kuya Angelo.

Nakatayo lang ako sa gilid ng pinto ng kwarto ni Kuya. Kailangan ko din kasing magpa-pirma. Kanina pa si Aries dito, naka-30 minutes na ata.

Sandali pa kong naghintay bago tumayo si Aries at lumabas ng kwarto. Nagmadali ako sa pagpasok kaya medyo nagulat pa si Kuya.

**"Hindi marunong kumatok?"** Inis nyang tanung sakin.

Nag-smile nalang ako sabay peace sign.

**"Kailangan mo?"**

Inabot ko sa kanya yung waiver. **"Papirma!"**

Kinuha nya yun at akmang pipirma ng bigla syang tumigil at parang binasa pa yung mga naka-sulat.

**"Hemilton University?"** Tanung nya at agad naman akong tumango.

Bigla nalang nyang inabot pabalik sakin yung papel. **"Wag kana sumama."**

**"B-bakit?"**

**"Hindi ka naman dyan mag-aaral. Dito ka nalang sa bahay."**

**"Kahit na... Sayang yun. Yung mga classmate ko sasama."** Pagmamaktol ko.

Agad nya kong tinignan ng masama. **"Titignan nyo lang naman yung school na yan. Manahimik ka nalang dito sa bahay."**

**"Ihh... Kuya..."**

**"Jay! Wag kang makulit!"** Sigaw nya sakin.

Padabog akong lumabas ng kwarto nya. Binalibag ko din yung pagsara ng pinto ng kwarto ko.

*Parang tanga kasi...*

Yun lang eh, tapos hindi ako pinayagan. May sapi na naman siguro tong si Kuya. Gusto kong sumama!

Ang baduy nun, ako lang hindi kasama saming lahat.

*Ayoko! Basta sasama ako!*

May kung anong kalokohan ang pumasok sa isip ko. Lumapit ako sa study table ko. Hinanap ko yung papers na may pirma ni Kuya.

Hindi naman ako nabigo. Malinaw pa sa sikat ng araw ang pirma ni Kuya. Kumuha ako ng type writing at pinatong sa part ng papel na may pirma.

*Kids! Don't do this at home...*

Binakat ko yung pirma nya. Ng makuha ko na ng maayos, inulit ulit ko sa papel yun hangang sa kuminis na yung mga part na dapat makinis.

*Bwala!*

Ang mahiwagang Pirma ni Kuya. Wag lang akong mahuli, tegiru ako nito.

Agad kong niligpit ang mga ebidensya. Mahirap na, kailangan malinis ang krimen.

*Wag gagayahin! Masama!*

Saktong pagsiksik ko ng mga papel sa basurahan ko ng biglang bumukas ang pinto. Bumungad si Kuya Angelo.

**"Hindi marunong kumatok?"** Inis na tanung ko sa kanya.

Agad syang sumibangot. **"Tigilan mo ko."**

**"Kailangan mo?"**

**"Pupunta si Tita Jeana dito. Kakausapin ka daw nya."**

Parang-p.ki,'n  bn may kung anung pumitik sa utak ko ng marinig ko yung pangalan na yun. Pangalan ng tao

g pilit kong tinatawag na Mama.

**"Tungkol saan?"** Walang gana kong sagot at pinagpatuloy ang pagliligpit ng gamit.

**"Hindi nya sinabi. Pero sana harapin mo sya."**

**"Hindi ko alam..."** Halos pabulong kong sagot.

Mukang naintindihan naman ni Kuya yung ibig kong sabihin. Nag-nod lang sya at agad na umalis ng kwarto ko.

Humiga ako sa kama at nagtalakbong ng kumot. Mas gusto kong matulog kesa isipin yung tungkol sa kanya. Ewan ko kung bakit, may memory naman ako na nagpaka-Nanay sya sakin yun nga lang paglabas ko ng ospital nung 9years old ako, nag-iba na yung tingin at pakiramdam ko sa kanya.

Hangang ngayon, naiilang ako at para bang may kung anu sakin na ayaw sa kanya. Ayoko sana pero parang masama yung loob ko.

Nakatulog ako ng hindi ko namamalayan.

*Kinabukasan.....*

Yun oh!

Ready na kong ipasa yung krimen na ginawa ko. Para naman sa ekonomiya to, kaya sana patawarin ako ng kung sino.

Pagpasok ng room, iniipon na ni Eman yung mga Waiver. Inabot ko na din yung sakin bago maupo sa pwesto ko. Yung sa likod sa tabi ng dalawang kumag.

**"GoodMorning..."** Bati sakin ni Yuri.

**"GoodMorning din..."** Balik kong bati sa kanya.

**"Excited sa University Visit?"** Pang-aasar nya.

Napansin nya sigurong hindi maalis yung ngiti ko. Tatanggi pa ba ko, eh totoo naman.

**"Medyo."**

Ngumiti naman sya sakin. Napatingin ako sa table nya. Tambak na naman kasi yung mga notes.

*Sipag-sipagan mode*

Naalala ko yung sinabi nila sakin na sa Japan daw mag-aaral si Yuri. Kaya siguro nagf-focus na sya ngayon sa pag-aaral.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya. **"...Totoo? Sa Japan kana mag-aaral?"**

Nag-pilit sya ng ngiti. **"Oo eh... That's our plan in the first place."**

**"Ahh..."** Malungkot kong sagot.

Hindi ko mapigilan. Parang hindi pa ko ready na magkalayo-layo kami.

**"Bakit? Mami-miss mo ko?"** Pang-aasar nya.

Wala ako sa sarili ko na sumagot sa kanya. Kahit hindi nakatingin, napatango ako ng hindi ko namamalayan.

Late ko na na-realize yung ginawa ko.

**"S-syempre... P-pati sila mami-miss ko din."** Dipensa ko.

Bigla nalang syang natawa at tumingin sa mga mata ko. **"Ikaw, mami-miss kita."**

*H-hala!*

**"H-ha?"**

Tumawa lang sya at bumalik na sa ginagawa. Ang lakas makaluko nitong si Yuri.

*Pero kinilig ako... Konti lang!*

**"Sino pang hindi nagpapasa?"** Sigaw ni Eman.

Napatingin ako sa kabilang side ko. Wala pa kasi yung Hari. Syempre, mauuna pa si Sir Alvin sa kanya. Yun pa, daig pa yung teacher.

**"Wala na? Ibibigay ko na kay Sir to!"** Sigaw ulit ni Eman at ng walang sumagot, naglakad na sya palabas.

Mukang hindi magka-klase si Sir ngayon. Okay lang naman yun dahil advance na kami sa mga lesson. Salamat sa konsepto ng pangongopya, nakakaraos tong mga ulupong na to.

*Syempre kasama na ko don...*

**"Oi! Kilala nyo ba tong Floriane?!"** Sigaw ni Felix habang nakatingin sa phone nya.

Nung isang araw nya pa tinatanung samin yan. Nagttext daw sa kanya at nakikipag-kilala. Hindi naman ako makasagot... Ako kasi nagbigay ng number nya dun. *Hahaha*

Naisipan kong lumabas muna, dahil sa totoo lang nabuburyong ako. Busy si Ci-N sa pakikipag-laro kay Eren, kaya walang nangungulit sakin. Tulog naman si David, nakakahiya gisingin.

Tuloy lang ako sa paglalakad, malapit na ko sa hagdan ng may bigla nalang tumilapon sakin. Hindi kung anung bagay kundi sino.

**"Anak ng!"** Sigaw ko at agad na tinignan ng masama yung kung sinong herodes na bigla nalang umitsa sa harap ko.

**"S-sorry Jay! Hindi ko sadya!"** Sagot ni Mayo.

Yung ultimate ninja sa room. Bigla-bigla mawawala tapos bigla-bigla ring lilitaw.

**"Umaano kaba naman kasi?!"** Inis na tanung ko habang nagpa-pagpag.

**"A-anu... Kapour."** Sagot nya at naghimas ng batok.

**"Ka---anu?!"**

**"Kapour... Yung lagi kong ginagawa na patalon-talon sa pader."** Paliwanag nya.

Yun pala tawag dun, sa ginagawa nyang pagtatambling sa ere at pagkilos na parang unggoy.

*Ninja nga naman kasi sya...*

**"Dito mo pa talaga naisip gawin yan?!"**

Ngumiti sya. **"Sa lahat naman ng lugar."**

Napangiwi ako. Hihintayin ko nalang na mapilayan sya dahil sa ginagawa nya. Sandali akong napatingin sa bandang dibdib nya.

**"Anu yan?"** Tanung ko sabay turo sa mapulang bagay sa dibdib nya. **"Kiss mark ba yan?"**

Agad nyang inayos ang uniform nya para matakpan yun. Umiwas din sya ng tingin.

**"P-pantal yan... Tapos nag-allergy."** Sagot nya.

Sa totoo lang nag-aalangan akong tanggapin yung dahilan nya. Pero baka yun nga lang siguro yun, sino ba naman ako para questionin sya?

**"Balik na ko sa room..."** Paalam ni Mayo sakin at agad na naglakad palayo.

Siguro, nan-chicks sya tapos binigyan sya ng ganun. *Tsk! Tsk!* Boys are boys.

Speaking of boys, napatingin ako sa kabilang side ng room. Eto na! Parating na ang Hari ng mga ulupong.

Malayo pa lang, alam mo ng badtrip.

**"Anu?!"** Bungad nya sakin.

*Sungit...*

**"Anu ka din?!"** Balik ko sa kanya.

**"Tss."**

Naku! Yan na naman yung mahiwagang '*Tss*' na yan. Lakas makapeste talaga.

**"*Tss* ka din!"** Sagot ko dahilan para lalung magsalubong ang kilay nya.

Nahagip ng tingin ko yung hikaw nya. Bigla nalang kasing kuminang. Yung hikaw nyang hindi pansin dahil sa liit.

**"Quit staring!"** Sigaw nya dahilan para tumigil ako sa pagtitig sa tenga nya.

**"Maka-sigaw naman to! Konti pa, hindi pa ko nabibingi!"**

Lumalim ang titig nya sakin at halatang nadagdagan ang inis sa sinabi ko.

*Takte!*

Napaiwas ako ng tingin. *Asar!* Dati kaya kong makipag-sabayan ng titig sa kanya ngayon hindi na.

Bigla nalang nyang sinundot yung pisngi ko.

**"Your blushing."**

Agad kong hinampas yung kamay nya. **"Kingina!"**

**"Wag ka ngang nagmumura!"** Sita nya sakin.

*Gusto kong magmura, kaya magmumura ako*.

(N/A: SPG. Wag gagayahin.)

Dumiretso ako ng tayo. Tinignan sya ng salubong ang kilay. Huminga ako ng malalim at hinanda ko na lahat ng salitang alam ko.

**"Kingina! Tang'na! Pvtang'na! Tarantado! Owlol! Gago! Hayop! Animal! Punyeta! Punyemas! Putrages! Putik! Shutang'names! QuinIna! Tanginik! Tengene!------aaahhhhh!"**

Bigla nalang nya kong hinatak at sinandal sa pader. Kinulong nya ko sa dalawang bisig nya.

*Shit! Yan naman! Yung puso ko!*

**"Ang dumi ng bibig mo. Gusto mong linisin ko yan."** Bulong nya habang unti-unting nilalapit ang muka nya sakin.

Pinilit kong umiwas. Kasi nga!

**"P-parang hindi ka nagmumura ah?"** Sabi ko.

**"Edi linisin mo din yung bibig ko. We can clean it together at the same time."**

*Aaaaayyyyyyy... No!*

**"A-anu ba?"**

**"You don't want to?"** Pang-aasar nya.

Lalung lumapit ang muka nya sakin kaya naman hinarang ko na yung mga braso ko at pilit syang tinulak.

**"Umaayos ka nga Keifer!"**

Hindi sya sumagot pero lalu lang nyang tinindig ang katawan nya.

*Bakit ba ang lakas nitong lalaki na to?*

**"Keifer!"**

Pero ayaw talaga magpa-awat ng luko. Ibinuhos ko yung buong lakas ko para maitulak sya.

**"Sasapakin kita!"** Banta ko pero tinawanan lang nya ko.

*Kainis!*

**"One more time you speak profanity. I will kiss you."** Sabi nya at lumakad papunta sa room.

Naiwan na naman akong nakatanga.

*Shete! Bawal ng magmura!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 105

**University Visit**

***Jay-jay's POV***

**"Attendance! Wag kakalimutang pumirma sa attendance!"** Sigaw ni Eman habang winawagayway ang papel na hawak.

Nagkakagulo kami. University Visit na kasi pero dinaig pa namin ang nag-outing sa dami ng dala naming pagkain.

**"Ayusin nyo yung mga uniform nyo!"** Sigaw ni Edrix.

Tinignan ko naman ang sarili ko. Kagaya dati, maayos pa rin ang pagkakasuot ng tie at blouse ko, hindi din ganun kaikli palda ko.

**"Jay... Panu ba to?"** Tanung ni Ci-N habang sinusubukang ayusin ang necktie nya.

**"Akin na nga!"** Sabi ko at inayos yun para sa kanya.

Hindi kasi nila inaayos ang mga uniporme nila kapag papasok ng school. Basta masabi lang naka-polo, okay na sa kanila.

**"Yan! Okay na!"**

**"Salamat Jay!"** Sabi ni Ci-N.

Lumapit sakin sila Blaster, Eren at Josh. Hawak-hawak din nila yung mga necktie nila.

(--_--)

**"Kami din..."** Paki-usap ni Blaster.

Sibangot akong kinuha ang tie sa kamay nya. Sinabit ko yun sa leeg nya at sinimulang ayusin.

Buti nalang talaga tinuruan ako ni Tita Gema nung unang araw ko dito sa school.

Natapos ako kay Blaster at tinulungan ko din sila Josh at Eren.

**"Salamat."** Sabi nila.

Kinuha ko na yung bag ko at akmang isasakbit na ng makita ko si Yuri. Hindi kasi naka-ayos ang kwelyo ng damit nya kahit maayos naman ang necktie nya.

Lumapit ako sa kanya at agad na hinawakan ang kwelyo nya.

**"B-bakit?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Yung kwelyo mo... Wala sa ayos."** Sagot ko habang inaayos yun.

**"Salamat..."**

Ngumiti lang ako bilang sagot. Natapos ako sa kanya at umikot na para maglakad palapit sa bag ko pero isang kamay na may hawak na tie ang bumungad sakin.

Napataas ang isang kilay ko.

**"Hindi ako marunong."** Sabi ni Keifer habang pilit umiiwas ng tingin.

**"Apat na taong kang nag-aral dito hangang ngayon hindi mo pa rin alam isuot ng maayos."** Sermon ko sa kanya.

**"Daming sinabi! Sabihin mo kung ayaw mo!"** Inis na sagot nya sakin.

Inirapan ko nalang sya sabay kuha ng necktie sa kamay nya. Tinaas ko yung kwelyo ng polo nya. Pina-ikot ko sa leeg nya at inayos.

*Isagad ko kaya to ng masakal sya?*

Habang inaayos yun, hindi ko mapigilan na hindi mapangiti. Muka kasi kaming mag-asa-----*La! Bakit iniisip ko yun?*

**"Aw!"** Sigaw ni Keifer.

Aksidente kong nasagad yung necktie. Nagulat kasi ako dun sa pumasok sa isip ko kanina.

Bahagya kong binatak yun. **"Sorry..."**

**"Gusto mo na ba kong mamatay?!"** Inis nyang tanung sakin.

Nag-smile lang ako sabay peace sign.

**"Tss."**

Nagalit na. Hindi ko naman sadya. Naglakad na sya paalis kaya naman kinuha ko na yung bag ko at sumunod sa kanila.

Nag-aabang na yung bus na sasakyan namin. Sakto daw para sa isang Section ang bawat isang bus kaya naman-----*huh?! Bakit aapat lang yung nakaparada?*

**"Asan na yung bus natin?"** Tanung nila.

Pilit kong tinanaw yung mga bus, baka kasi meron pang isa na natakpan lang.

*Pero wala talaga.*

Nakita namin si Sir Alvin na nakikipag-usap sa ibang teacher. Agad syang lumapit ng mapansin nya kami.

**"Section E... Pasensya na kayo pero apat na bus lang ang hinanda ng school. Kulang kasi sa budget."** Paliwanag ni Sir.

**"Tss. Bullsh*t."** Bulong ni Keifer.

Mukang hindi naman yun narinig ni Sir dahil nagpatuloy pa rin sya sa pagsasalita.

**"...Wag nyong isipin na sinadya to ng guidance at board member. Kailangan nyong maki-share muna sa iba----"**

**"May dala kaming kotse... Pwede bang yun nalang gamitin namin?"** Singit ni David.

Mukang hindi rin sya ready makipag-share sa ibang Section.

**"Hindi kasi pwede... Binibilang kasi kayo."** Sagot ni Sir.

"*Yari na!*"

"*Wag na kaya tayo tumuloy.*"

"*Asar naman!*"

"*Basta dun ako sa Section C. Kay Rakki.*"

"*Baka mapa-away pa kami nito sa bus.*"

"*Saang Section naman tayo makikisiksik?*"

May punto tong mga ulupong na to. Yari na talaga kami nito. 17 kaming lahat, sure akong hahatiin pa kami nyan at dadalin sa iba't ibang Section.

**"Matatagal lang tayo nito! Sumama na sakin yung kayang makatagal sa Section A!"** Sigaw ni Keifer at bahagyang naglakad palayo.

Gusto ko sana kayalang... Hindi ko sure kung alam ni Aries na hindi ako pinayagan ni Kuya Angelo.

Lumakad palapit sila David, Calix, Yuri, Edrix at Felix kay Keifer. Dahil ayokong makaharap si Aries, lumapit ako kay Ci-N.

Alam kong sa Section C ang punta nya. Kung nasan si Rakki, syempre! Pero tinitigan ako nila Yuri na para bang nag-tatanung ng '*Bakit hindi ka* *sasama samin?*'.

Umiwas lang ako at sumiksik na pilit sa tabi ni Ci-N.

**"Ayaw mo ba sumama sa kanila?"** Bulong sakin ni Ci.

Umiling ako. **"May ginawa kasi akong kalokohan. Ayokong makita si Aries."**

**"Hahaha... Ikaw ah! May takot ka din pala kay Aries."**

**"Hindi sa kanya. Kay Kuya Angelo ako natatakot."**

**"Hoy Jay-jay!"** Sigaw ng kung sino.

**"Ay '*Hoy Jay-jay*'!"** Gaya ko dun sa sumigaw dahil sa gulat.

Agad akong pinagtawanan ng mga luko. Pati si Sir natawa din. *Tsk!* Nagiging mali-mali na ko.

**"Tara na! Sumama ka samin sa Section A!"** Tawag sakin ni Keifer.

Matinding iling ang sinagot ko sa kanya.

**"Tara na!"** Tawag ulit nya.

Umiling ulit ako. Nag-uumpisa na kong mahilo sa kaka-iling sa kanya.

**"Don't make me count!"**

Umiling na naman ako. Kumapit na rin ako kay Ci-N para magets ng Kumag na to yung salitang '*Ayoko*'.

**"One!"** Bilang nya habang masama ang tingin sakin.

**"Ayoko! Dito ko kila Ci-N!"**

**"Two!"**

**"Ayoko nga!"**

**"Three!"**

**"Ang kulit! Hindi ka ba-----aaahhhhh!!! Sir Alvin! Tulong!"** Sigaw ko.

Bigla nalang akong binuhat ni Keifer na parang sako ng bigas. Pinagtawanan na naman ako ng mga Animal na ulupong sa halip na tulungan ako.

**"Yuri! Help!"** Tawag ko kay Yuri.

Nginitian lang nya ko at nagpatuloy sa paglalakad.

*Anu ba yan?*

**"Wag ka ngang malikot! Ihuhulog kita!"** Banta ni Keifer.

**"Edi ihulog mo----aw!"**

Pinalo nya ko sa pwet na parang bata.

*Tsakit!*

Pagdating sa tapat ng bus binaba na nya ko. Tinignan ko ng masama ang walang hiya habang hinihimas ang pwet ko.

**"Pasok na!"** Utos nya sa mga kasama namin.

Nauna sila Yuri at Felix. Napatigil pa sila nung una, malamang nagkagulatan o kaya nagpalitan ng masamang tingin.

Sumunod si Calix, David at Edrix. Balak ko sanang tumakbo pabalik kila Ci-N pero sinenyasan ako ng Hari ng mga ulupong na sumakay na.

*Eto na nga... Sasakay na nga!*

Pag-pasok ko sa loob, mainit na tingin ang binigay nila sakin. Pinangungunahan ni Freya. *Sino pa nga ba?*

Nasa dulo sila Yuri at bago makarating sa kanila, dadaan muna ko sa pagsubok. By means of pagsubok, madadaanan ko kasi si Freya at Aries.

**"Lakad na."** Tulak sakin ni Keifer.

*No choice.*

Naglakad ako palapit kila Yuri. Dahan-dahan ang naging kilos ko. Bawat hakbang ko kasi may bumabato ng masamang tingin.

Malapit na ko sa dulo ng bigla nalang may tumisod sakin. Dire-diretso akong bumagsak at nag-planking sa sahig.

Malakas na tawanan ang binigay sakin ng Section A.

*Kingina nyo!*

Tumayo agad ako at tinignan ng masama yung tumisod sakin na si Freya pala.

**"What a loser."** Sabi nya.

Ayokong magpatol. Baka kung anong magawa ko sa kanya. Tumuloy nalang ako sa paglalakad.

Naupo ako sa tabi ni Yuri, sa pinaka-dulo. Nasa tabi sya ng bintana. Pag-upo ko, tumabi sakin yung Hari.

*Ay ayokong tumabi sa kanya!*

**"Anu?!"** Bungad nya sakin.

Napansin nya sigurong nakasibangot ako sa kanya.

**"Wala!"** Sagot ko.

Umandar na yung bus. Gusto ko sana sa tabi ng bintana para pag-nabusit ako tatalon nalang ako.

May 30 minutes na kami sa byahe. Huminto yung bus sandali dahil naka-red yung traffic light.

Bigla nalang tumayo si Aries at tinignan ako ng masama. Hawak nya yung phone nya.

*Shit! Mukang alam ko na!*

Tumunog yung phone ko. Agad kong kinuha yun pero hindi ko sinagot yung tawag.

Si Kuya Angelo kasi yung tumatawag. Yari!

Binalik ko yung tingin ko kay Aries.

**"Ang tigas talaga ng ulo mo!"** Sigaw nya sakin dahilan para tumingin lahat ng Section A saming dalawa.

Wala akong pagtataguan. Tinaas ko nalang yung bag ko at pinantakip sa muka ko.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...May nangyari ba?"**

Ngiwi akong humarap sa kanya habang nakataas pa rin yung bag ko sa harap.

**"May ginawa kasi akong kalokohan..."** Bulong ko. **"...Hindi talaga ako pinayagan ni Kuyang sumama dito."**

**"Eh sinong pumirma sa waiver mo?"**

**"A-ako... Dinoctor ko."** Bulong ko ulit.

Napa-iling nalang si Yuri habang naka-ngiti. Naiintindihan naman nya siguro kung bakit ko ginawa yun.

*Gusto ko nga kasing sumama.*

Sinilip ko sandali si Aries. Mukang naka-upo na ulit sya. Pero panay parin ang tunog ng cellphone ko. Halong tawag at text ang naririnig ko.

Sinubukan kong tignan yung isa sa text ni Kuya.

**From:** *Kuya Angelo.*
**Message:** *Mg-uusp tyo pag-uwi mo!*

Yari na naman ako nito! Masisisi mo ba ko, gusto ko lang talagang sumama. Wala namang masama sa pagsama ko dito eh.

*Wala naman diba?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 106

**University Visit 2.0**

***Aries's POV***

**["*Andyan na sya! Wala na tayong magagawa! Bantayan mo nalang mabuti!*"]** Galit na utos ni Kuya sakin.

Agad ko syang tinawagan pagkadating namin sa University. There's a reason why Kuya didn't sign Jay-jay's waiver.

**"Yun pa isang problema. Pagdating dito, dumikit agad sya sa mga classmate nya para hindi ko sya makita."**

**["*Just make sure na hindi sila magkikita! Hindi pa pwede Aries! Baka magka-gulo lang!*"]**

**"Alam ko. I'll do my best."**

I ended the call. Masyadong maraming tao dito. Sure akong mahihirapan silang magkita and beside hindi naman sya makikilala ni Jay-jay.

**"Babe! Tara na!"** Ella called me.

Mabilis akong naglakad palapit sa kanila. I'll just hope for the best right now.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Ang galing! Ang bilis kong nakapag-tago kay Aries. Mabuti nalang, nahawa ako ng pagiging ninja kay Mayo kahit konti.

**"Kamusta naman kayo sa bus nyo?"** Tanung sakin ni Ci-N.

**"Ayos lang... Kayo ba?"**

Ngumiti sya ng pagkalapad-lapad. Yung alam mong may nangyaring maganda sa kanya.

**"Tabi kami ni Rakki... Sinandal ko yung ulo ko sa balikat nya. Ahihihihi."** Sabi nya habang kinikilig-kilig pa.

Napa-ngiwi nalang ako. Tong bata na to, kakaiba! Dinaig pa yung babae, kapag kinilig.

**"Pila na! Pila!"** Sigaw ni Eman.

Dahil ako ang nag-iisang dalagang bukid dito sa amin. Ako na naman yung nasa unahan ng pila. Katabi ko si-----😒

**"What?!"** Inis na tanung sakin ng Hari ng mga ulupong.

**"Ewan ko sayo..."** Bulong ko na feeling ko narinig din nya.

Umayos kami ng pila at merong lalaki na lumapit samin. Naka-polong dirty white sya at brown na pants. Meron din syang sash na may nakalagay na '*Tour Guide*'.

**"Ako po ang inyong Tour Guide. Tawagin nyo po akong Randy."** Sabi nya.

Marami syang pinaliwanag na eklabu na sa totoo lang hindi ko naintindihana. Lunch lang ata yung salitang nakilala ko.

Nag-simula na syang maglakad kaya naman sumunod na kami. Pinaghalong luma at bago yung mga building dito. Ang lawak ng ground at ang daming istudyante.

*Yayamanin!*

**"Pare.. chicks."** Dinig kong sabi nila Rory.

**"Ang una po nating pupuntahan ay ang history hall ng university kung saan makikita lahat ng board member at nagtayo ng school na to."** Sabi ni Tour Guide.

Naglakad lang kami at pumasok sa isang lumang building. Pagpasok, puro bulletin board na agad ang bumungad sakin.

Kung anik-anik yung sinabi ni Tour guide na kinatamaran ko ng pakinggan. Sandali kaming huminto at natapat sa isang bulletin board. Hindi kagaya sa mga nauna, mas bago ang mga picture dito.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci-N. **"...kamag-anak mo?"** Tanung nya sabay turo sa isang listahan na puno ng pangalan.

Lumapit ako at tinignan yung pangalang tinuturo nya.

*Jasfher Mariano*

Ang galing, kapangalan ko sya at kaapilyido. Yun nga lang, wala akong maalala na may kapangalan ako sa mga kamag-anak namin.

Umiling lang ako kay Ci-N. Tumingin pa kami sa mga bulletin ng may matapatan akong picture. Para kasing kilala ko yung nasa picture.

*Pamilyar to sakin.*

Para bang nakita ko na sya. Hindi ko lang maalala kung saan. Tinitigan ko pang mabuti pero hindi ko pa rin maalala. Lalaki na mukang ng nasa mid-40's.

Muli kaming tinawag ng Tour guide at nagsalita nung kung anu-anu. Pero wala sa kanya yung atensyon ko. Yung lalaki kasi sa picture, para kasing nakita ko na talaga sya. Hindi mapakali yung bulate sa utak ko dahil sa kanya.

Kung saan-saan pa kami dinala nitong Tour Guide. Wala na kong naintindihan sa sinabi nya. Dun pa rin sa picture yung focus ko. Nakarating kami sa cafeteria at dun kami pinakain.

**"Huy... Jay!"** Tawag sakin ni Ci-N.

**"Huh?"**

**"Sabi ko kung kakainin mo pa yan?"** Tanung nya sabay turo sa pagkain sa plato ko.

Umiling ako at nilapit sa kanya yung plato. Wala akong gana, marami naman akong kinain kanina kaya okay lang.

**"May problema ba? Kanina ka pa tahimik."** Puna ni David at halos lahat sila tumingin sakin.

**"W-wala... Pagod lang ako."**

**"Are you sure about that? Kanina lang excited ka."** Tanung ni Yuri.

Nag-nod lang ako sabay pilit ng ngiti. Ayokong pati sila idamay pa sa isipin ko. Ako nalang bahala dun.

Bigla nalang dumamba si Felix sa table namin. Yumanig yung table at muntik ng tumaob yung mga baso.

"*Anu ba yan?!*"

"*Felix naman!*"

"*Parang bata!*"

**"Good news!"** Announce nya habang nakangiti.

Bigla nyang hinarap samin yung papel na hawak nya. Hindi ko maintindihan nung una kaya yung malalaking letter nalang binasa ko.

*Scholarship Agreement and Approval*

**"Pinapirma kana?!"** Gulat na tanung ko.

Buong ngiti na nag-nod si Felix kaya naman sabay-sabay kaming nagpalakpakan.

**"At lahat ng to... Utang ko sayo."** Sabi nya habang nakatingin sakin.

Akmang yayakapin na nya ko ng biglang humarang yung kamay ni Yuri.

**"Hindi na kailangan ng yakapan."** Sabi nya.

Pare-pareho kaming nagpalitan ng tingin. Sa halip na magsalita bigla nalang dumamba ng yakap si Felix sakin.

*Hala!*

**"Oy! Felix!"** Sigaw ko.

**"Bakit ba?! Gusto ko syang yakapin!"** Sabi ni Felix.

Hindi pa nakakasagot si Yuri ng dumamba din ng yakap si Ci-N.

*Anak ng...*

**"Ako din yayakap!"** Sabi ni Ci habang nakangiti ng nakakaloko.

Sinubukan kong kumawala sa yakap nila pero bigla nalang ding yumakap si David sakin.

**"Hala! Umaano ba kayo?!"** Inis na tanung ko.

**"Tignan mo si Keifer."** Bulong sakin ni Ci-N.

*Bakit ko gagawin yun?*

Pero ginawa ko parin yung sinabi nya. *Kingina!* Muka na syang papatay ng tao. Napalunok nalang ako.

**"B-bitaw na... T-tama na yung yakapan."** Sabi ko habang pilit kumakawala.

Pero ang Ci-N lalo pang hinigpitan ang yakap at hinimas-himas pa yung muka nya sa balikat ko na parang pusa.

Magsasalita na sana ako ng biglang hampasin ni Keifer yung lamesa. Lahat kami napatigil at napatingin sa kanya, pati mga istudyante ng University na to.

**"Move away or i will cut your arms off?"** Mahinahon pero ma-otoridad na tanung ni Keifer.

Sabay-sabay silang humiwalay sakin. Parang bata na kinagalitan si Ci-N, napayuko pa sya sabay pout.

Muli kaming tinawag ng Tour Guide. Sa theater na daw kami dahil magsasalita daw yung mga board member ng school.

Bumalik kami sa pila at muling sinundan yung Tour Guide. Panibagong building yung pinuntahan namin.

Pumasok kami sa malaking itim na pinto. Mukang eto na yung theater na sinasabi nila. Sobrang laki at ang daming upuan.

**"Section E! Dito po tayo!"** Tawag samin nung Tour Guide sabay turo ng pwesto namin.

Medyo dulo at likod na yung pwesto namin. Malayo na sa stage at parang nilayo talaga kami sa ibang Section.

*Tsk! Pati ba naman dito!*

Naghanap na kami ng mauupuan. Sandali kong nilingon yung katabi ko at----😒.

*Yuri at Kiefer.*

Ayokong katabi tong dalawa na to. Kundi ako mamatay sa pagka-buryong, mamatay ako sa tingin.

Next time nga didikit na ko kila Ci-N o kaya kay David. Nag-umpisa ng magsalita yung nasa stage kaya naman tumahimik na kami.

Iba't ibang tao yung nag-sasalita. Karamihan sa kanila wini-welcome lang kami. Pero isang tao yung umagaw ng atensyon ko

Yung lalaki sa picture sa may bulletin board. Sya yung kanina ko pa iniisip kung saan ko nakita. Sobrang pamilyar talaga sya sakin.

**"Welcome sa Hemilton University! I'm Jasfher Mariano, one of the board member! We are happy to have you here! *Blah blah blah blah...*"** Pakilala nya sa sarili nya.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Ganito rin yung pakiramdam ko nun, nung gusto kong makaharap si Percy at malaman kung sino sya.

**"Jay... Bakit?"** Tanung sakin ni Yuri.

Hindi ko sya pinansin. Ayaw maalis ng tingin ko sa lalaking nagsasalita.

*Jasfher Mariano!*

Tang'na! Agad kong kinuha yung cellphone ko sa bag. Binuksan ko yung gallery at nag-swipe ng nag-swipe.

*Bakit ba puro picture ni Ci-N to?*

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Ramdam ko kasing matatapos na syang magsalita. Baka hindi ko na sya maabutan kung hindi ako mag-mamadali.

Nahanap ko yung picture na kailangan ko. Kailangan ko para mapatunayan na kilala ko nga yung taong nasa harap at nagpakilalang Jasfher Mariano.

*Yung picture namin ng Papa ko.*

Yung nag-iisang picture namin. Sanggol pa ko at nasa harap kami ng hindi kilalang simbahan.

*Kamuka nya!*

Mas bata lang yung nasa picture na meron ako. Pero hindi ako pwedeng magkamali. Sya to! Kayalang *Boy Mariano* ang nakalagay sa birth certificate ko.

Kusa nalang tumulo yung luha ko.

**"What's wrong?"** Tanung sakin ni Keifer.

**"S-si Papa ko..."** Bulong ko at bahagyang hinarap sa kanya yung cellphone ko.

Sandali nyang tinignan yung picture at binalik sakin yun tingin nya. Mabilis syang tumayo at agad na hinawakan ang kamay ko.

**"Tara... Kung gusto mong maka-siguro, lapitan mo sya."** sabi nya at pilit akong hinatak.

Kahit sa totoo lang natatakot ako, tumayo din ako agad at hinayaan syang hatakin ako.

Sandali kaming tumingin sa stage yun nga lang nakababa na sya. Sasalubungin sana namin sya pero bigla nalang kaming hinarang ng Tour Guide.

**"Sir, Ma'am bumalik na po kayo sa upuan nyo."**

**"You don't understand. We need to talk to that person."** Inis na sabi ni Keifer.

Tumingin yung Tour Guide sa tinuro namin kaya agad kaming nakakuha ng pagkakataon ni Keifer para lusutan sya.

Mabilis kaming tumakbo pero paglabas namin ng building, hindi na namin sya nakita.

**"Asan?"** Tanung ko.

Panay ang tingin namin sa paligid. Hangang bigla nalang nanghatak ng kung sino itong si Keifer.

*Hala!*

**"Huy Keifer!"** Tawag ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin.

**"May nakita kabang lalaking naka-business attire at may hawak na brief case?"** Tanung nya sa dinampot nya.

**"Marami!"** Pabalang na sagot nung lalaki samin.

Agad syang nakakuha ng matalim na tingin mula kay Keifer. Sumingit na ko sa kanila at baka pagmulan pa ng away.

**"Kuya... Baka po kilala nyo yung Jasfher Mariano? Kailangan ko lang po syang maka-usap."** Paki-usap ko.

**"Hindi nyo sinabi agad! Yun lang pala eh... Papunta na syang parking ngayon."** Sagot nya sabay turo sa kung saan.

Binitawan sya ni Keifer at agad akong nagpasalamat sa kanya. Lakad takbo ang ginawa namin marating lang yung parking.

Pero kung suswertihin ka nga naman! Ang laki ng parking nila, dinaig pa parking sa mall.

**"You go that way! I'll search here!"** Utos ni Keifer.

Mabilis akong tumakbo sa direksyon na tinuro ni Keifer. Lahat ng lalaking pasakay ng kotse nila, nilapitan ko na ata.

Hinihingal na ko sa pagtakbo at pagtingin sa bawat sasakyan. Gusto ko ng sumuko dahil sa pagod. Hanggang sa may narinig akong nagsalita sa likod ko.

Dahan-dahan kong nilingon yun. Nang makita ko ng maayos, kusa nalang tumulo ang mga luha ko. Wala rin tigil sa pagtibok ng mabilis ang puso ko.

*Kaharap ko na sya ngayon.*

Hindi ako makapagsalita. Binuksan nya yung pinto ng kotse nya at ipinasok yung brief case na hawak nya.

Akmang sasakay na sya ng makita nya ko. Napatigil at para bang nagulat sya na makita ako. Sinara nya yung pinto ng kotse nya at sandaling nakipag-titigan sakin.

**"J-jay-jay?"** Tanung nya at bahagyang lumakad palapit sakin.

*Kilala nya ko?! Shit!*

**"K-kilala nyo po ako?"** Tanung ko at lumakad palapit sakanya.

Bigla nalang may tumulong luha galing sa mata nya.

**"O-oo naman..."** Huminga sya ng malalim. **"...oh gad! Ang tagal kong hinintay ang araw na to."** Sabi nya at sinuklay ng kamay ang buhok nya.

Mas lumakas ang pag-iyak ko. Halos hindi ako makahinga. Hindi ko alam kung dahil sa masaya ako at nakita ko na sya o dahil kilala nya ko pero hindi man lang sya nagpakita sakin.

Kahit alin dun, wala akong pakialam. Basta ang alam ko lang eto na sya.

**"P-pwede ba kitang yakapin?"** Tanung nya sakin.

Hindi na ko nagsalita. Nagkusa na kong lumapit at yumakap sa kanya. Mahigpit. Sobrang higpit na yakap ang binigay ko. Kung kailangan kong bawiin yung mga panahon na hindi ko sya nayakap, gagawin ko.

**"Jay... I'm so sorry... Patawarin mo si Papa."** Sabi nya habang nakayakap pa rin sakin.

Ang tagal kong hinintay na mabigkas ang mga salitang to. Yung salitang kikilala sa kanya at bubuo ng pagkatao ko.

**"P-papa..."**

Lalung humigpit ang yakap nya sakin. Pero hindi pa nagtatagal ang yakap na yun ng may bigla nalang humatak sakin at paglayuin kami.

**"Bitiwan mo si Jay-jay!"** Sigaw ni Aries.

**"Aries!"** Sigaw ko.

Mahigpit nya kong hinawakan sa braso. Masama ang tingin nya kay Papa.

**"Umalis kana!"** Utos ni Aries kay Papa.

**"A-aries... Nakiki-usap ako. Gusto ko ng makasama yung anak ko."** Paki-usap nya.

*Kilala din nya si Aries?!*

Sinubukan kong kumawala pero lalung humigpit yung hawak nya sakin.

*Nasasaktan ako!*

**"Umalis kana kung ayaw mong sabihin ko to kay Tita Jeana!"** Sigaw ulit ni Aries.

Tinignan ako ni Papa na para bang humihingi ng tawad. Bumalik sya sa kotse nya at mabilis na sumakay.

**"Papa! Sandali lang!"** Sigaw ko at sinubukan ko syang habulin.

Niyakap ako ni Aries mula sa likod para pigilan ako. Pilit akong kumakawala at lumalapit kay Papa.

**"Sandali lang Pa!"**

**"Jay! Tumigil kana!"**

**"Bitiwan mo ko Aries!"**

**"Tumigil kana!"**

Mabilis na umandar paalis yung kotse ni Papa. Napaluhod nalang ako ng bitiwan ako ni Aries. Gustuhin ko mang habulin para saan pa. Kusa naman syang lumayo at piniling iwan ako.

Nagpatuloy ang pagiyak ko. Hindi nga lang kapareho ng dahilan ng pagiyak ko kanina yung ngayon. Masakit kasing ngayon ko nalang sya nakita, pinili pa nyang iwan ako ulit.

**"JAY-JAY!"** malakas na sigaw ng kung sino at bigla nalang bumagsak si Aries sa sahig.

Natakpan ko nalang ang bibig ko sa pagkagulat. Hanggang sa may kamay na umalalay sakin sa pagtayo.

*Yuri...*

Andito din si Keifer at mukang sya yung nagpabagsak kay Aries.

**"What happen?"** Tanung ni Yuri.

Napatingin ako kay Keifer na mukang hinihintay din ang sagot ko.

**"S-si Papa... N-nakita ko sya."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 107

**Answers**

***Jay-jay's POV***

**"Alam mo ba?"** Tanung ko kay Kuya Angelo.

Hindi sya sumagot. Naka-cross arm lang syang nakatingin sakin.

**"Alam mo... Tama ba ko?"** Tanung ko ulit.

Huminga ng malalim si Kuya at bahagyang nag-nod.

*Tang'na!*

**"Kaya ba ayaw mo kong payagan na magpunta don?"**

**"That's not the point here----"**

**"I don't care about your point!"** Sigaw ko dahilan para magsalubong ang kilay nya.

Natatakot ako sa kanya pero mas natatakot akong malaman yung totoo.

**"Kung paliwanag ko ang hinihingi mo, wala kang mapapala sakin."**

**"Pero karapatan kong malaman! Tatay ko yun..."** sabi ko at nagsimula na namang mag-unahan ang luha ko sa pagbagsak.

**"I'm not the one who will explain it to you. Darating na si Tita Jeana dito bukas. Sa kanya mo na itanung yan."**

Tinignan ko si Kuya sa mga mata nya. **"Wag mo syang papuntahin dito. Ayoko syang makita."**

Ayoko syang makita. Masama na ang loob ko sa nalaman ko, wag na nyang gatungan pa.

**"Jay----"**

**"AYOKO SYANG MAKITA!"** Sigaw ko at mabilis na tumakbo papunta sa kwarto ko.

Ni-lock ko agad ang pinto pagkasara ko. Hindi ko na pinigilan pa yung luha ko. Sobrang sakit ng malaman na alam pa nila kung nasan yung Papa ko pero wala man lang silang sinabi sakin.

Abo't kamay ko lang pala sya.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Aries's POV***

Nilagyan ko ulit ng yelo yung ice bag na hawak ko. Aaminin ko, sobrang sakit pa rin ng suntok sakin ni Keifer.

Hindi ko alam kung dahil matagal na kong hindi nakikipag-away o sadyang ibinuhos lang nya yung galit sakin.

Yung mga tingin nya, it's the same look when he punch because of Ella.

*What does it mean?*

**"Aries..."** Kuya called me. **"...I thought you'll keep an eye on her?"**

**"Sorry... Pinag-hiwa-hiwalay kami ng lugar."**

**"Your sorry won't change anything. Nagkita na sila."** Inis na sabi nya sakin.

*Tss.*

Bakit ba hindi nalang nya hayaang magkita yung dalawa? Maswerte nga si Jay-jay kung tutuusin. Her father is doing all the effort just to find and be with her.

*Unlike mine.*

Nage-effort syang ano? Makita ako para makahingi ng pera. Sometimes i think it's better kung napatay nalang sya ni Jay-jay nun. I know, it's a bad thing to think like that but no one can blame me.

My phone ring in a short time and followed by a text message. I thought it was Ella, so i get my phone immediately. *But i'm wrong.* I delete the text message and shut down my phone.

*How did he know my phone number?*

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Daig ko pa yung kriminal na tumatakas sa kulungan.

Kasi naman... Ayoko nga syang makita kaya binuhos ko na yung oras ko sa kaka-isip kung panu ko makakatakas.

*Bwala!*

Eto ako ngayon at nakasakay sa bike. Papunta sa lugar na hindi ko alam. Dumaan kasi ako sa bintana sa likod ng bahay.

*Joke!*

Hinintay ko lang umalis si Kuya, tapos dumaan ako sa harap para kunin yung bike ko. Nakita ako ni Aries pero wala namang paki sakin ang isang yun.

Galit din ako sa kanya! Alam din kasi nya. Pero kung tutuusin, quits lang kami. May alam akong hindi nya alam.

*Alam kong buhay si Percy.*

Pinagsabihan kasi ako nila Keifer na wag muna ipaalam sa kanya. Hindi pa nga naman kasi kami sigurado sa balak ni Percy.

Pero hangang ngayon, inaabangan ko pa rin yung text or tawag nya. May pagkakataon nga na hindi ko hinahayaan na malowbat or malayo sakin yung phone ko.

Speaking of phone, tumatawag sakin si Kuya. Bahala sya! Hindi ako haharap sa babae na yun. Aalis din naman sya agad kaya makaka-uwi din ako ngayong araw. Patuloy ako sa pagB-bike at sa totoo lang ngayon ko lang napansin na paakyat na tong daan.

Medyo hirap na ko sa pagpidal. Sandali akong huminto at pinagmasdan ang paligid. Para kasing pamilyar sakin.

Bumalik ako sa pagpidal habang patuloy sa pagmasid sa mga dinadaanan ko. Hangang sa meron akong na-realize.

*Papunta kila Keifer tong lugar na to!*

Panu ko nakarating dito ng hindi ko namamalayan? Hanep yan! May sarili nabang isip tong bike ko at nagdesisyon mag-isa?

Tumunog na naman yung phone ko. Unknown number yung tumatawag. Ayoko sana sagutin pero baka kasi si Percy to.

**"H-hello?"**

**["*Asan ka?*"]** Tanung nung nasa kabilang linya.

Hindi ko makilala yung boses nya. Pero alam kong hindi sya si Percy. At kung sino man sya, bakit ko sasabihin sa kanya?

**"Sino ka? Pakialam mo kung nasan ako?"**

**["*I'm asking you a question. Answer it!*"]**

Napataas ang isang kilay ko sa sinabi nya. Eng kepel neng meke nyang utusan ako!

**"Hoy! Kung sino ka man, wag kang tanga! Bakit ko sasabihin sayo kung nasan ako?! Ni hindi ka nagpapakilala! Kung wala kang magawang matino, wag ako istorbuhin mo! Don't me!"** Inis na sabi ko.

**["Tss."]**

Ay! Kilala ko na. Tabas pa lang ng *Tss*, alam ko na kung sino. Dalawa lang silang mapag-ganyan.

**["..Dami mong alam."]** Inis na sabi ng Hari ng mga ulupong.

**"Anu ba kailangan mo?!"**

**["Asan ka nga?!"]**

Tinignan ko yung paligid ko. Sasabihin ko ba sa kanyang nasa daan ako malapit sa kanila? Wag na siguro, baka isipin nya ini-stalk ko sya.

**"Nasa daan."** sagot ko.

**["Be specific."]**

*Naku naman!*

**"Hindi ko alam. Basta nagb-bike lang ako."**

May narinig akong bumukas na gate sa side nya. Mukang palabas ang luko.

**["Kindly turn around."]** Utos nya.

Kahit naguguluhan, ginawa ko naman. At saktong paglingon ko. Bumungad ang naka-short at tshirt na Keifer habang nakatayo sa tapat ng gate.

*Bakit andito to?*

Tinignan ko yung kabuuan ng pwesto nya. Bahay pala nila to, ngayon ko lang napansin. Hindi ko kasi napag-masdan ang bahay nila dati dahil nasa loob lang kami nun. Hindi tuloy naging pamilyar sakin.

Pinatay nya yung tawag at naglakad palapit sakin.

**"Asan ka?"** Tanung nya.

**"S-sa tapat ng bahay nyo."** Naiilang kong sagot.

**"Come inside."** Sabi nya at naglakad papasok sa gate nila.

Hindi ko alam yung sasabihin ko. Hindi rin ako nakagalaw sa pwesto ko.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin.

Napilitan akong maglakad habang hatak-hatak yung bike ko papunta sa kanila. Sobrang lawak ng bakuran nila. Feeling ko, mas lumawak pa buhat nung huli naming punta.

Nakita ko naman yung mga kotse ni Keifer. Oo... Mga kotse nya. Sa kanya lang daw yan sabi ni Yuri sakin. Ayaw daw kasing pahawakin ng manibela ni Keifer si Keigan.

*May topak daw kasi.*

Pinarada ko yung bike ko sa sulok. Sa tabi lang ng mga kotse nya. Parang laging walang tao sa bahay nila. Ang laki-laki tapos sila-sila lang yung nakikita ko.

**"Kayo lang ba nakatira dito?"** Tanung ko sa kanya.

**"What do you think?"** Sarcastic na tanung nya sakin.

**"Ibig kong sabihin, nasan yung mga maid? May butler pa kayo diba? Tsaka asan yung parents mo?"**

Huminto sya at tinignan ako. **"My parents don't live here. Maids and butlers are inside their rooms. Ayoko ng maraming taong pakalat-**

**kalat."**

Lumakad ulit sya at pumasok sa bahay. Sunod naman ako. Napaka-seryoso nya nung sinagot nya yung tanung ko.

*My parents don't live here.*

Pwede ba yun? Sabagay hindi ko nga kasama yung parents ko sa bahay eh.

Pumasok ulit kami sa panibagong pinto. Mukang eto yung sala's nila. Sobrang dami ng sofa, mga apat na set ata.

Naupo sya sa isa mga sofa, pagtingin ko dun sa coffee table. May tambak ng bote ng alak at ice bucket. Nagsalin sya sa baso at uminom.

**"Aga naman nyan."** Komento ko pero hindi nya ko pinansin.

**"Umaano ka naman at nakarating ka sa tapat ng bahay ko?"** Tanung nya.

**"Nagb-bike nga... Panu mo nalaman na andyan ako sa labas?"**

Uminom muna sya bago magsalita. **"I have my ways."**

*Anu ka bangko?!*

Niligid ko yung paningin ko. Ang laki kasi talaga ng sala's nila. Painting lang ang design sa pader at wala akong makitang picture nila o ng pamilya nya.

**"Anu pala trabaho ng parents mo?"** Tanung ko habang nakatingin sa isa sa mga painting.

**"None."** Mabilis nyang sagot.

Napatingin ako sa kanya. **"Pwede ba yun? Ang laki-laki ng bahay nyo. Alangan namang binigay lang sa kanila to ng kung sino."**

Tinignan nya ko bago magsalin ng alak sa baso. **"No one gave this house to them, because this is mine. Only mine."**

*Huh?! Sa kanya lang tong bahay na to?*

Mukang nahalata nya na naguluhan ako sa sinabi nya.

**"This house is mine. Hindi sila nakatira dito, dahil hindi ko sila pinatira dito."** Paliwanag nya.

**"Panu yun? Eh asan sila?"**

Ini-straight nya yung alak sa baso bago mag-salin ulit. Sandali nyang hinawakan yung tenga nya na may hikaw bago sumagot sa tanung ko.

**"My Mom is dead. My Dad is busy with his new wife. Pina-alis ko sila dito, dahil hindi ko gustong makita yung pagmumuka nila. Any question?"**

Napayuko ako. Hindi ko intensyon na buksan yung topic na yun. Expected ko kasi, complete family sila dahil kasama nya sila Keigan at Keiren sa bahay.

**"S-sorry."** Sabi ko.

Hindi sya sumagot. Tinuloy lang nya yung pag-iinom. Nakaka-ilang alak na ata sya pero wala man lang akong makitang marka na may tama na sya.

**"Ikaw..."** Basag nya sa katahimikan. **"...what's with your family?"**

**"A-ayos lang... N-nakita ko na si Papa kahapon diba?"**

He chuckled bitterly. **"You know... You're unfair."**

Alam kong ibig nyang sabihin dun. Hindi sa unfair. Ayoko lang talagang dagdagan ang isipin nila. Kagaya nya, may family problem na sya tapos sasabihin ko pa yung sakin.

Bigla syang nagbaba ng basong may alak sa harap ko.

**"Let's play a game. I will ask you questions and if you don't want to answer, drink this. It will be the same with me."** Sabi nya.

*Ay teka... Ayoko!*

**"A-ayokong mag-inom ngayon."**

**"Then answer my question."** Seryoso nyang sabi.

**"Keifer... Kasi----"**

**"Hindi ka makaka-uwi."** Biglang sabi nya na nagpatigil sakin. **"...i have my ways, remember?"**

Tinignan ko yung baso ng alak. Okay! Hanga't kaya kong sagutin, sasagutin ko.

**"Game!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 108

**Question and Answer**

***Jay-jay's POV***

**"Question #1!"** Sabi nya at tinignan ako. **"...Where is your Mom?"**

Ayoko sanang sagutin pero ayoko ding uminom.

**"N-nasa bago nyang asawa."**

Wala syang reaksyon o expression sa sinagot ko.

**"Your turn."** Sabi ulit nya.

Marami akong tanung sa kanya, hindi ko nga lang alam kung anu yung uunahin ko.

**"May chance pa bang magka-ayos kayo ni Aries?"**

Hindi sya sumagot. Agad nyang kinuha yung baso at uminom.

**"My turn..."** Sabi nya. **"...May chance pa bang magka-ayos kayo ni Aries?"** Balik nyang tanung sakin.

*Meron nga ba?*

Hindi ko alam ang sagot at ang unfair din sakin kung sasagot ako sa kaparehong tanung na binato ko sa kanya.

Kinuha ko yung baso at tinungga. *Putik!* Ang sakit sa lalamunan! Gumuguhit hangang dibdib. Anu bang alak to?

**"Ako naman..."** Sabi ko. **"...Anong meron sa earing mo?"**

Sandali nyang hinawakan yung hikaw nya bago sumagot.

**"It belonged to my Mom."**

Gusto ko pa sanang magtanung pero sya naman dapat muna.

**"I remember the incident with Ram. How is that happen?"**

*Ayoko ng tanung na yan.*

Hindi ako sumagot kaya naman sinalinan ko yung baso at tinungga yung laman.

**"Kelan mo pa sinuot yung hikaw na yan?"** Tanung ko.

**"Nung akala naming namatay si Percy. I have no one to comfort me. So i went to her room and i saw this earings. Pakiramdam ko kasama ko sya nung kinuha ko to. So i choose to wear it."** Paliwanag nya.

Yung ramdam mong masakit pero masaya. Ganun sya, masakit na pag-usapan yung Mom nya pero at the same time masaya sya.

**"Ikaw... What's with your father?"** Tanung nya.

**"H-hindi ko sya nakasama... Sa picture ko lang sya nakita. Sabi lang nila Lola, galit si Mama kay Papa kaya inilayo ako. Tapos nun, wala na kong alam sa kanya. Hangang sa nakita natin sya kahapon."** Sagot ko at nagpilit ng ngiti.

Sinagot nya yung tanung ko sa Nanay nya, anu naman kung sagutin ko yung tungkol sa Papa ko.

**"Nasan yung kapares ng hikaw?"**

Tumingin sya sa malayo at parang nag-isip. Pakiramdam ko nawala nya pero sabi nya sa Nanay nya yun kaya ibig sabihin mahalaga sa kanya.

**"Naibigay ko sa maling tao."**

*Kay Ella ba?*

Gusto kong itanung yun. Pero ayaw na ayaw nyang pinag-uusapan si Ella. Parang trigger ang pangalan nya at nagiging halimaw ang isang to sa galit.

**"You... Anu yung totoong reason ng away nyo ni Aries?"**

Tinignan ko yung baso ng alak. Ayoko ng uminom. Sobrang sakit sa lalamunan pero hindi ko alam yung isasagot sa tanung nya.

Napilitan akong kuhanin yung baso at inumin yung laman.

*Tengene! Sakit!*

**"Ikaw naman... Sino yung pinag-bigyan mo ng kapares?"**

Hindi sya sumagot. Uminom lang sya at nagsalin ulit. Pakiramdam ko si Ella nga yung pinag-bigyan nya.

*Hay...*

**"What happens to that Cyrus guy?"**

Bakit napasok sa usapan si Cyrus? Ayoko! At hindi ko din alam. Kahit parang tinatamaan na ko ng alak. Uminom pa rin ako para lang maka-iwas sa tanung nya.

Sa dami ng gusto kong itanung hindi ko na maalala kung anu-anu yun.

**"Panu kayo nagkakilala nila Aries, Yuri at Percy?"**

**"Suntukan... Inaway ko kasi si Yuri, naiinis ako sa pagmumuka nya. Tapos dumating si Percy to the rescue. Si Aries, naglalakad lang nun tapos nasuntok ni Percy. Pare-pareho kaming dinampot sa guidance."** Kwento nya.

Gusto kong matawa sa sinabi nya. Nakakatuwa kasi yung pagkikita nila. At mula sa suntukan, nabuo yung pagkakaibigan nila.

**"Naging mabuti bang boyfriend sayo si Cyrus?"** Tanung nya.

Napayuko ako. Ayokong siraan si Cyrus. Pero kasi...

**"N-nung una, oo... Pero nung nagtagal, hindi na. Mainitin din ulo nya, pikon at spoiled."**

Tinignan nya ko ng diretso at seryoso. Hindi ko mabasa kung nagagalit sya o ano.

**"Ikaw naman... Uhmmm..."** Sandali akong nag-isip. **"...Sino first girlfriend mo?"**

*Wit! Bakit yun yung tinanung ko?*

**"Si Freya."** Mabilis nyang sagot.

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Si Freya? As in si Freya Hidalgo?

*Anak ng...*

**"Seyoso ka dyn?"** Hindi makapaniwalang tanung ko.

**"Hey... One question at a time."** Sabi nya. **"It's my turn, si Cyrus lang ba naging boyfriend mo?"**

Umiling ako. **"May first boyfie ako pero bading na sya ngayon."**

Nakita ko syang napangiti pero binawi din nya agad.

**"Ako na... Bakit si Freya?"**

**"What do you mean '*bakit si Freya*'? Malamang nagustuhan ko sya."**

**"Eh kasi... Hindi lang ako makapaniwala na nagustuhan mo sya."**

**"Hindi pa ganyan itsura nya nun."**

*Huh?!*

**"It's my turn to ask again... Talaga bang si David ang type mo?"**

Bigla nalang ako natawa sa tanung nya. Naniwala din pala sya na si David talaga yung type ko.

**"H-hindi... Hahaha... Wala lang talaga akong maituro nun."** Sagot ko

**"You lied to Ci-N."**

**"Parang ganun na nga... Ako naman ulit. Sinong nagugustuhan mo ngayon?"** Tanung ko sa kanya.

Umiwas sya ng tingin at agad na kinuha yung baso para inumin yung laman.

*Daya!*

**"Ikaw.. sinong nagugustuhan mo ngayon?"** Balik nyang tanung sakin.

Bakit ko sasabihin? Madaya sya, kaya kinuha ko yung baso at akmang iinumin pero hinawakan nya yung braso ko.

**"Answer it."** Utos nya.

**"Ayoko..."** Sabi ko at agad na binawi yung braso ko para mainom yung laman ng baso.

*Argh! Parang hindi ko na kaya.*

**"Tss..."**

Wala kang magagawa. Madaya ka kasing Hari ng mga ulupong. Bakit parang umiikot yung paningin ko?

*Ako naman yung magtatanung.*

**"Mahal mo pa ba si Ella?"** Dire-diretsong tanung ko.

*Hala!*

Nawala ata yung filter ng bibig ko at kusa nalang lumabas yung tanung na yun.

Mabilis na kinuha ni Keifer yung baso pero mas mabilis akong kumilos. Inagaw ko sa kanya yung baso at tinignan sya.

**"Ayokong sagutin."** Sabi nya.

Nakipagtitigan sya sakin ng matagal. Para bang nakiki-usap sya na wag na kong magtanung pa ng tungkol kay Ella.

Bigla nalang syang tumingin sa ibang direksyon. Parang may kung anung tumusok sa puso ko. Unti-unti ko binaba yung baso sa harap nya.

Kinuha nya yun at ininom.

**"One last question..."** Sabi nya sakin pero parang ayoko ng laro na to. **"...Do you like Yuri?"**

*Anu daw?*

Si Yuri naman ngayon. Kanina si Cyrus. Lasing na yata tong si Keifer.

**"Ewan ko..."** Walang gana kong sagot. **"...Oo, siguro. Mabait kasi si Yuri sakin. Tapos masipag pang mag-aral. Diba?"**

**"How about me, do you like me?"** Tanung nya.

Ha? Diba dapat ako naman yung magtatanung? Ako nga ba? Hindi ko na maalala. Nahihilo na kasi ako.

**"Ewan ko... Naiinis kasi ako sayo. Hindi kita maintindihan. Parang kang may sapi o kaya saltik, ang lakas ng topak mo."** Sabi ko sa kanya.

Bahagya syang tumawa. Para bang natuwa pa sya sa komento ko kahit sa totoo lang insulto dapat yun.

*Baliw na sya!*

**"Kagaya nyan. Tinatawanan mo yung insulto ko sayo. Kumag ka talaga eh. Manang-mana sayo yung mga luko. Ikaw talaga yung Hari nila. HARI NG MGA ULUPONG!"**

**"Excuse me? Did you just call me Hari ng mga Ulupong?"** Tanung nya na may halong inis.

*Sinabi ko ba yun?!*

**"Uhmmm..."**

Wala akong maisip na palusot. Baka magalit na naman sakin tong luko na to. Sumasakit pa naman yung ulo ko.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

I can't believe this girl. She just call me, Hari ng mga Ulupong. And I don't even know what *ulupong* means.

I'm still staring at her ng bigla nalang nyang hawakan ang ulo nya at humiga sa sofa.

**"Ang sakit ng ulo ko... Nahihilo ako. Tinamaan na ata ako ng alak."** Sabi nya.

*Halata nga.*

Bakit ba ang bilis nilang tamaan ng alak? Am i the only one who have high tolerance with alcohol?

Nilapitan ko sya para sana tignan ng mabuti. Saktong paghawak ko sa kamay nya ng mapansin kong nakapikit na sya.

*Did she fall asleep?*

I shake her a bit, but she's not moving. I chuckled from what happen. Kaya pala mabilis napapahamak ang babaeng to. Ang bilis ma-knock out sa alak.

I carry her, bridal style. *Oh crap!* Parang mas lalo syang bumigat. I breathe heavily before walking out. Dire-diretso lang ako until I reach the stare case.

*What the...*

I think i need to renovate our house and add an elevator or escalator. Parang ngayon ko lang na-realize na ang laki at ang daming baitang ng hagdan namin.

Nahihirapan ako dito sa dala ko. Binaba ko sya bahagya at nilipat ng posisyon. Binuhat ko sya na parang sako ng bigas.

Umakyat na ko ng hagdan. Dinala ko sya sa kaparehong kwarto na pinagdalhan ko sa kanya dati. It's just in front of my room.

Pagbaba ko sa kanya sa kama, inayos ko agad ang pagkakahiga nya. Tinambakan ko rin sya ng unan at kinumutan kagaya dati.

After covering her with a blanket, I sit beside her. I can't help staring at her innocent face.

*Mahal mo pa ba si Ella?*

I keep asking myself the same question. *Yes*, that is my answer from the start, but while i'm staring at Jay-jay, I ask the same question. I'm starting to get confuse.

*What is going on with me?*

**"So it's true..."** Someone speak from the door.

Sandali ko syang tinignan bago tumayo at lumapit sa pwesto nya.

**"What do you want?"** I ask him.

**"Nothing... I just want to confirm kung may bisita ka nga."** Keigan said and smile.

Umaandar na naman yung topak nya. May kakaiba sa ngiti nya. I know he is not in his usual self.

**"You saw her. You can go now."** Utos ko.

He chuckled. **"Why in a hurry big bro? Are you planning to do something to her?"**

I immediately grab his collar and stare down to him. Hindi ko gusto ang ugali ni Keigan kapag ganito sya.

**"Easy.."** he said while raising his hand like surrendering.

I can sense his fear. I always do with many people. Expect for one, she's the only one who knows how to handle my anger.

**"Ella..."** Keigan said. **"...I saw her with your former *best friend*, Aries."**

I let go of him. **"I don't care."**

**"Yeah... Like what you've always said."** Pang-aasar nya sakin.

Kung hindi ko lang kapatid si Keigan, malamang nilumpo ko na sya. Hindi ko alam kung anung sapak nya ngayon sa utak at tuwang tuwa na naman syang inisin ako.

Nilingon ko si Jay-jay na mahimbing na natutulog bago ko isara yung pinto. I have a lot of things to do. Ayoko sana syang iwan but i need to.

I look at Keigan seriously. **"Wag kang magkakamali."** Banta ko sa kanya.

He raised his hand again and smiled. Not that i don't trust my brother but I need to be sure.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 109

**Watson vs Hanamitchi**

***Jay-jay's POV***

*Hay...*

Kelan pa kaya? Kelan pa kaya matatapos lahat ng isipin ko? Tungkol kay Percy at tungkol kay Papa.

At kelan din kaya titigil tong katabi ko sa kakayugyog sakin?

**"Dali na... Jay-jay."** Sabi ni Ci-N habang patuloy sa pagtulak sakin.

**"Ayoko nga... Kayo nalang."** Walang gana kong sagot.

Kasi naman! Nagyayaya na naman sila sa Mall. Manlilibre daw ng ice cream si Kit.

*Sya na mayaman sa ice cream.*

**"Sama kana... Please..."** Paki-usap pa rin ni Ci habang naka-pout at puppy eyes.

Ayoko kasi talaga. Kailangan kong mapag-isa para mapag-isapan kung ko kung panu ako makakabalik sa Hemilton University ng hindi nalalaman ni Kuya.

**"Sumama kana Jay... Kailangan mo din ng pahinga mula sa mga problema mo."** Sabi ni Felix.

May punto sya sa sinabi nya. Kailangan ko nga din naman ng pahinga. Pero kung gagawin ko yun, baka huli na ang lahat para sakin.

**"Sumama kana... Tutulungan kitang makabalik sa Hemilton University."** Biglang sabi ni Keifer dahilan para mapatingin ako sa kanya.

**"P-panu?"**

He smirked. **"I have my ways."**

Yan na naman yung pang-bangko nyang linya. Gusto ko yung inaalok nya. May tiwala naman ako dito sa Hari ng mga Ulupong kaya...

**"S-sige... Sasama na ko."** Sagot ko dahilan para mapatayo sa tuwa si Ci-N.

**"Wala ng bawian yan ah?"** Sabi ni Felix.

Tumango naman ako sa kanya. Nag-apir pa sila ni Ci-N ng kamay.

Kung titignan si Felix parang hindi sya apektado nung usap tungkol kay Percy. Pero sinabi sakin nila Kit at ng iba pa na ilang beses na syang nagpapakalasing at hahanapin si Percy sa iba't ibang lugar.

Alam ko yung nararamdaman nya. Mahirap talaga, idagdag pa yung iisipin mo pa kung kelan mo sya pwedeng makita.

*Naku Percy!*

Pagnakita kita ulit, kukutusan kita ng malakas-lakas. Gatong-gatong na stress tong binibigay mo samin.

Stress na nga ako sa bahay, dito sa school, kay Papa at pagkatapos sya pa. Isa pa palang problema namin, uuwi na daw sila Tita Gema at Tito Julz. Yun nga lang Bad news ata ang dala nila.

Ilang beses ko ring naririnig si Kuya na may kausap sa phone nya. Puro problema sa kumpanya.

*Hay...*

Maaga natapos ang klase namin ngayon. Tinamad yatang magturo yung mga teacher. Pero pabor samin yun, makakapunta kami ng Mall ng maaga.

Naglalakad na ko palabas ng makasabay ko si Blaster.

**"Punta tayo sa arcade... May mga bago daw silang games."** Sabi nya habang nakangiti sakin.

Ngumiti lang din ako bilang sagot. Patuloy kami sa paglalakad ng mapatingin ako sa lalaking palapit samin.

*Keigan?*

Naka-uniform pa sya ng school nila. Hindi kasi sya dito nag-aaral sabi ni Yuri. Galit na galit yung mga mata nya at parang susugod sya sa gera.

Pare-pareho kaming napatigil at napatingin sa kanya. Paglapit nya, bigla nalang syang nanuntok. Akala ko para sakin yung suntok na yun kaya hindi ako nakagalaw, pero iba yung bumagsak.

**"Blaster!"** Sigaw nila mula sa likod.

Medyo late na nagrespond yung katawan ko sa mga nangyayari.

**"Keigan! Anu bang problema mo?!"** Sigaw ko at akmang lalapit kay Blaster pero tinignan ako ni Keigan ng masama.

Natigilan ako. Nakakapanginig yung tingin nya sakin. Para bang tingin pa lang, kaya ka ng saktan.

**"Wag kang maki-alam dito."** Madiin nyang sabi.

Binalikan nya si Blaster pero agad itong nakaporma at nakaganti ng suntok sa kanya. Yun nga lang parang hindi tinablan or nasaktan si Keigan. Nakatayo pa rin sya.

Ang weird nya ngayon. Para kasing hindi sya yung Keigan na nakaharap ko dati.

Bigla nalang nyang tinadyakan si Blaster. Natakpan ko nalang ang bibig ko sa gulat. Namamalipit na sya sa sakit at hirap ng makagalaw.

Agad na lumapit sila Kit at Eren para tulungan sana si Blaster pero pati sila nakatanggap din ng suntok at matalim na tingin galing sa kanya.

**"TUMIGIL KANA! ANU BANG PROBLEMA MO?!"** Galit na sigaw ko sa kanya.

Binalik nya yung tingin sakin. Unti-unti syang humakbang palapit. Gusto kong humakbang palayo pero nanigas ang tuhod ko.

"*Tawagin nyo si Keifer!*"

"*Pare pagtulungan na natin.*"

"*Kapatid ni Keifer yan! Anu kaba?!*"

Huminto si Keigan sa harap ko, at aaminin ko. Natatakot ako, natatakot ako sa mangyayari o sa gagawin nya sakin.

**"Paki-alamera ka... Try to mind your own business."** Bulong nya na nagbigay ng sobrang kilabot sa katawan ko.

Napalunok nalang ako bilang sagot. Tuluyan na kong hindi nakagalaw pero hindi din nagtagal yun ng marinig namin ang boses ni Keifer.

**"Keigan..."** Tawag nya dito.

Bahagyang lumayo sakin si Keigan at dun lang ako nakakuha ng pagkakataon para makahinga ng maluwag.

Agad akong inalalayan nila Ci-N.

**"Ayos ka lang?"** Bulong nya sakin.

Nag-nod naman ako agad. Tinignan ko si Keifer na nakikipagpalitan ng titig kay Keigan.

**"Explain..."** Mahinahong sabi nya sa kapatid.

**"I have nothing to explain to you."** Matigas na sagot na Keigan.

Nagsalubong ang kilay ni Keifer at aaminin ko may kung ano sa presensya ni Keifer na nagbibigay ng panibagong kilabot sa sakin.

**"Explain."** Ulit ni Keifer pero hindi kagaya kanina na mahinahon. May diin sa boses nya na parang nag-uutos.

*Nakakatakot si Keifer.*

Hindi sumagot si Keigan pero agad nyang nilapitan ang namamalipit sa sakit na si Blaster. Hinawakan nya sa kwelyo at akmang susuntukin.

**"KEIGAN!"** Sigaw ni Keifer na napatigil saming lahat.

**"Damn it Bro! I want to teach this Blaster a lesson! Ayaw nyang layuan ang girlfriend ko!"** Inis na paliwanag nya.

**"I-ikaw ang dapat lumayo sa kanya! Baliw ka!"** Sigaw ni Blaster dahilan para magalit si Keigan at sipain na naman sya.

**"Aahhh... Tama na!"**

**"KEIGAN!"** Sabay na sigaw namin ni Keifer.

Umiiyak na sa sakit si Blaster. Wala man lang makalapit sa kanya dahil kahit sila natatakot din kay Keigan.

Siguro nga totoo yung sinasabi nilang baliw sya.

Susundan pa sana ulit ni Keigan ang ginawa nya pero isang malakas na suntok ang nagpabagsak sa kanya. Galing kay... Yuri?

**"Ilayo nyo si Blaster dito!"** Utos ni Yuri.

Nagdalawang isip pa sila nung una. Pero agad din nilang kinuha yung pagkakataon para buhatin si Blaster at itakbo sa clinic.

Naiwanan kami nila Ci-N, Felix at David.

**"Naku! Baka mag-away si Keifer at Yuri."** Sabi ni Ci-N habang nagtatago sa likod ko.

*Teka nga!*

Bakit sya yung ngtatago sa likod ko?! Ako dapat yung gumawa nun. Ako yung babae.

**"Hindi mo dapat ginawa yun."** Sabi ni Yuri kay Keigan.

Tumayo sya mula sa pagkakabagsak at ginantihan si Yuri pero naka-ilag sya.

Bigla nalang tumawa si Keigan, yung tawang naiinis. **"Bakit hindi mo ko labanan?!"**

**"Alam mong hindi ko gagawin yan. What i did is enough."**

**"Sabihin mo, duwag ka lang talaga! Natatakot kang kalabanin ako dahil kapatid ko si Keifer!"**

Nagkuyom ang kamao ni Yuri. Wag na sana nyang patulan dahil hahaba pa ang away na to.

**"Tumigil ka na."** Mahinahong sabi ni Yuri.

**"Titigil ako kung titigil si Blaster sa pagdikit sa girlfriend ko."**

Napaka-**bleep** naman pala ng batang ito. Madadaan naman sa maayos na usapan yun ay. Pumunta pa sya dito para lang mang-away.

Akala ko nag-uusap pa rin sila tungkol don pero nagulat nalang ako ng magpalitan sila ng suntok. Napakapit ako kay Felix na nasa tabi ko.

**"Awatin nyo sila!"** Utos ko.

Pero sa halip na sundin ako, tumanga lang sila at nanuod pa.

**"Yuri! Tama na yan!"** Sigaw ko ulit.

Tuloy-tuloy lang sila sa pagpapalitan ng suntok ng biglang nakisali si Keifer at suntukin si...Yuri?

*Bakit si Yuri ang sinuntok nya?!*

**"Keifer!"** Halos sabay-sabay naming sigaw.

**"Anong ginagawa mo?!"** Inis na tanung ko.

Tinignan lang nya ko. Tumayo si Yuri at ginantihan ng suntok si Keifer. Sumunggab din ng suntok si Keigan. Nagrarambulan na silang tatlo.

*Pvtang'na naman!*

**"Mga punyeta kayo! Awatin nyo sila!"** Sigaw ko sa tatlong kasama ko na nunuod lang.

**"Hindi mo naiintindihan... Mahirap awatin ang tatlo na yan."** Sagot sakin ni Ci-N.

**"Eh anung gagawin natin?! Tatanga lang?!"**

Walang sumagot sa kanila. Eh pvtang'na! Mamatay na sa pagsusuntukan tong tatlo tapos wala man lang gustong umawat.

Bigla nalang bumagsak si Yuri. Hindi na ko nakatiis sa kinatatayuan ko kaya naman agad akong tumakbo palapit kay Yuri.

Buong lakas kong tinulak si Keigan na naka-amba ng sipa. Bahagya syang napaatras sa ginawa ko kaya kinuha ko yung pagkakataon para yakapin si Yuri at i-cover sya.

**"Jay... Anung ginagawa mo?!"** Nag-aalalang tanung ni Yuri.

**"Umalis ka dyan!"** Sigaw ni Kiefer.

Tinignan ko sya ng masama. **"Ikaw ang umalis! Kayo ng baliw mong kapatid!"**

**"What did you said?!"** Galit na tanung ni Keigan.

Ramdam ko ang paglapit nya pero sa hindi ko maintindihan na dahilan huminto sya.

Sandaling tumahimik at pare-pareho kaming nakikiramdam.

**"I-i h-have to go..."** Sabi ni Keigan at mabilis na tumakbo paalis.

Bumitaw ako ng yakap kay Yuri at tinulungan syang bumangon.

**"Okay ka lang?"** Tanung ko.

Nag-nod sya sakin. **"H-hindi mo na dapat ginawa yun. Panu kung ikaw naman yung nasaktan?"**

**"Anu bang pumasok dyan sa isip mo?!"** Inis na tanung ni Keifer.

Tumayo ako agad at hinarap sya. Nakatitig ako sa mata nya.

*Kaylangan makatagal ng titig.*

**"Ikaw! Sa halip na awatin mo sila nakisali kapa! Ang galing mo dyan sa part na yan!"** Sermon ko sa kanya pero hindi man lang sya natinag.

**"You don't understand!"**

**"Edi ipaintindi mo!"**

Hindi sya sumagot pero ramdam ko yung pagnanais nyang ipaliwanag yung ginawa nya. Yun nga lang may kung anu na pumipigil sa kanya.

**"Damn it!"** Sigaw nya. "**...Why do i need to explain myself to you?! You're nothing! You're just a piece of shit just like Yuri!"**

Parang may kung anung sumampal sa puso ko. *You're nothing!* What a wonderful word. Ang lakas maka-pvta ng sinabi nya.

**"Atleast hindi ko pinababayaan yung mga kaibigan ko! Sa bagay hindi nga kaibigan ang tingin mo kay Yuri. *Piece of shit* lang naman sya sayo!"**

Namumuo na yung luha sa mga mata ko. Nasasaktan din ako sa hindi ko malaman na dahilan. *Asar!* Ayoko ng ganitong pakiramdam.

Galit pa rin yung tingin nya sakin. **"Bakit ba ang hilig mong maki-alam?!"**

**"Dahil concern ako! Nag-aalala ako sa mga *kaibigan* ko! Wala akong balak na pabayaan silang banatan ng banatan ng kung sinong *baliw* dyan!"**

**"Stop calling Keigan like that!"**

**"May binanggit ba kong pangalan?!"**

Lalung nang-galaiti sa galit si Keifer. Natatakot ako sa kanya pero nananaig yung nararamdaman kong sakit at galit sa mga pinagsasasabi nya.

**"You don't know what Keigan is being through! You don't have the right to judge and call him crazy!"**

**"Bago mo ko sermunan sana inawat mo muna sya kanina! Hindi yung nanuod ka lang na banatan nya si Blaster! Tapos kapag nasaktan sya ikaw tong galit na galit!"**

**"Bakit kakampihan mo ba ko kung banatan ako ni Aries?!"**

**"Oo! Lalu na kung si Aries ang mali! Wag mo kong tatanungin ng ganyan! Hindi ako bias na kagaya mo----"**

**"Jay!"** Tawag sakin ni Yuri.

Tinignan ko sya. Kasalukuyan syang inaalalayan ni David at Felix. Mukang hindi maganda yung lagay nya.

Mas kailangan naming unahin ang kalagayan ni Yuri ngayon kesa makipag-talo sa kumag na to.

Tinignan ko muna ng masama tong kaaway ko bago maglakad palapit sa kanila.

**"Tara sa clinic!"**

**Author's Note:** Blaster Madrigal..

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 110

**Author's Note:** Guys!!!! Check this story... THE UNEXPECTED GUY By @BernadethLopez5

**S.O.R.R.Y.**

***Jay-jay's POV***

**"Sorry for what Keifer said before."** Sabi ni Yuri habang inaabot sakin ang isang baso'ng puno ng ice cream.

**"You have nothing to apoligize. Si Keifer yung may kasalanan. Tsaka sinabihan ka nyang *piece of shit*."** Sagot ko bago sumubo ng ice cream.

**"Ganun lang talaga magsalita yun kapag mix emotion."** Singit ni Ci-N habang kumukuha ng ice cream sa baso ko.

*Aba! Pasimple pa sya!*

**"Hoy! Akin to!"** Sabi ko habang nilalayo yung ice cream sa kanya.

**"Palit tayo... Mas masarap yung flavor nung sayo."**

Tinignan ko yung baso nya. Wala naman laman. Panu pa kami magpapalit?

**"Wala namang laman yung baso mo."**

Agad syang ngumiti habang hinihimas ang batok. Kala nya siguro hindi ko mapapansin.

*Wais to men! Wais!*

**"Oo nga no... Hingi nalang ulit ako kay Kit."** Sabi nya at lumakad palapit kay Kit.

Tinuloy talaga namin yung pagpunta sa Mall. Except kay Blaster na hinatid na nila pauwi. Kailangan nyang magpahinga.

Sabi ni Ci-N, matagal na daw yung away ni Keigan at Blaster. Bestfriend daw kasi nya yung girlfriend ni Keigan. Syempre concern pa rin tong isa kaya hindi nya malayuan lalu na't aware si Blas sa ugali nitong kapatid ng Hari ng mga Ulupong.

Sa totoo lang wala akong gana maki-alam sa usap nila. Dahil na rin siguro sa mga nangyari o dahil involve si Keifer kumag.

*Hay ewan...*

**"Tama si Ci... Ganun lang talaga si Keifer. Specially that you make him feel guilty."** Paliwanag ni Yuri.

Taka ko syang tinignan. **"Ginawa ko yun?"**

**"For me... Yeah you did."**

Ginawa ko nga? Hindi naman yun yung intensyon ko. Anu ba yan? Sobra-sobra kasi yung inis ko kanina. Sinabihan pa kong piece of shit.

**"K-kasi abnormal sya eh."** Katwiran ko.

**"I understand Keifer. Mali din kasi ako na pinatulan ko pa si Keigan."** Sabi ni Yuri at dinikit sa muka nya yung ice bag na puno ng yelo.

Bakit ba ang bait nitong si Yuri? Sya na yung mapagtulungan sya pa yung umiintindi.

**"Bakit ganyan ka?"** Tanung ko na pinagtakhan nya.

**"Anung '*Bakit ganyan ka*'?"**

**"Ang bait mo kasi... Nakakainis."**

**"Ayaw mo kong maging mabait?"**

Umiling ako agad. **"Hindi ganun... Ang ibig kong sabihin, masyado kang mabait. Yung mga ganyan madaling masamantala."**

Bahagya syang natawa. **"Kala ko gusto mo kong bumalik sa dati."**

**"Hindi no! Mas gusto ko kapag nagpapakatotoo ka."**

**"So, gusto mo ko?"** Pang-aasar ni Yuri sakin dahilan para mag-init na naman yung pisngi ko.

Sumubo nalang ako ng ice cream at umiwas ng tingin. Kainis kasi tong Yuri na to. Bigla bigla nalang ako'ng papakiligin.

**"*Aishiteru.*"** Sabi nya.

**"Ha?"** Tanung ko pero umiling lang sya habang nakangiti.

Tignan mo tong mokong na to. Gumagamit na naman ng ibang language.

**"Back to our topic... Hindi ako mabait. I just know what Keifer been through. He already lost one of his family member. Kaya ganun nalang ang pagpapahalaga nya kay Keigan."** Paliwanag nya pa.

**"Kaya sa halip na awatin nya, tinulungan pa nya?"**

Nag-nod sya sakin. **"Maybe... I'm not sure."**

**"Tss... Abnormal lang kamo talaga sya."** Inis na sabi ko at sumubo ng ice cream.

Patuloy ako sa pagkain ng marinig ko sila Kit na nagsasalita. Napatingin ako sa kanila.

*Naku! Ayan na yung Hari ng mga Ulupong.*

Tumalikod ako agad at hinarap si Yuri. Nakaka-badtrip yung pagmumuka nya. Sana hindi na sya nagpunta dito.

**"Yuri..."** Tawag ni Keifer.

**"Hey... Kamusta si Keigan?"** Tanung ni Yuri.

Umalis ako sa pwesto ko at lumipat. Nakapagitna kasi ako sa kanila. Hinayaan ko silang mag-usap.

**"Anu flavor nyan?"** Tanung ko kay Ci-N ng mapansin kong puno'ng puno ang baso nya.

**"Hindi masarap."**

*Ha?*

**"Flavor tinatanung ko. La kong paki sa lasa!"**

Napaghahalata yung madamot eh. Ang layo ng tanung ko sa sagot nya.

**"Sansrival tsaka ube, tapos rocky road at vanilla."** Natatawang sagot nya sakin.

Hindi sakit ng tyan ang hanap nitong bata na to. Goodluck nalang sa banyong tatakbuhan nya mamaya.

**"Patikim nga."** Sabi ko at akmang kukuha pero ang damot talaga ng walang hiya. Inilayo yung baso sakin.

**"Bawal... Sasakit tyan mo dito."**

**"Nahiya naman ako sa tyan mo! Hindi sasakit yan?!"**

**"Hindi. Basta wag."**

**"Ang damot mo kamo!"** Inis na sabi ko.

Patuloy kami sa pag-aasaran ng may nagbaba ng mason jar sa harap ko. Apaw na apaw sa ice cream, tadtad ng sprinkles at marsmallow. Meron ding stick-O at chocolate syrup.

*Tsarap!*

Gusto kong kuhanin at lantakan agad yun pero tinignan ko muna kung sinong naglapag nun sa harap ko.

*Hmpf! Ayoko na pala!*

Naupo sya sa tabi ko at mukang hinihintay nya yung sasabihin ko. Pero hindi ko sya hinarap. Nagpatuloy ako sa pangungulit kay Ci-N.

**"Ayoko nga... Bawal mamigay. Masama."** Pagpipilit ni Ci.

Aba! Napaka-tindi ng batang to. Minsan ka ng bwisitin sa kadamutan nya.

Tinignan ko sya ng masama. Masasalita pa sana ko pero biglang nilapit ni Ci yung mason jar sa harap ko.

**"Meron kana oh! Wag ka ng mang-agaw."** Sabi nya ay bigla nalang umalis.

*Tengene!*

Pilit kong iniiwasan yung ice cream sa harap ko. Halos mag-maka-awa na yung dila ko sakin para lang matikman yung ice cream.

*Tiis tiis muna.*

**"Kainin mo na. Matutunaw na yan."** Sabi nung kumag sa tabi ko.

Inirapan ko lang sya bilang sagot. Kala nya madadaan nya ko sa ganyan.

**"Okay... What do you want?"** Tanung nya.

Tinignan ko sya habang naniningkit yung mata ko. Feeling chinita ako.

**"Say the magic word."** Sabi ko.

**"Not gon'na happen."** Islang nyang sagot.

Tignan mo tong peste na to! Ayaw talaga nyang mag-sorry.

**"Pwes, alisin mo yan sa harap ko."** Mataray kong utos.

**"Sure ka? Sayang to... Yung chocolate syrup na humahalo sa ice cream. Yung sprinkles na nagbibigay kulay. Yung stick-o na kumakaway sayo at yung marsmallow na puting-puti. Yung ice cream na----"**

**"Punyeta! Akin na yan!"** Sigaw ko sabay agaw nung Mason Jar.

Hindi na ko nakatiis. Putcha kasi! Kita'ng kita ko yung ice cream sa harap ko. Tapos parang ewan pang dini-describe nitong Kumag na to sakin yung pagkain.

Sunod-sunod ang subo ko. Natutunaw na kasi. Napatigil lang ako ng mapansin ko yung Hari ng Ulupong na nakatitig sakin.

**"Bakit?"** Tanung ko.

**"Profanity."**

*Ay shete!*

Nawala sa isip ko yung usapan namin. Kasi naman, kasalanan naman nya kung bakit ako nagmura.

**"H-hindi naman ikaw yung minura ko ah?"** Dipensa ko.

**"Still an offensive word."** Sagot nya habang unti-unti'ng nilalapit ang muka nya sakin.

**"T-teka... H-hindi ko naman sadya."**

**"This is the second time you speak profanity. I heard you before while we were fighting..."**

Nag-mura ba ko kanina? *Aish!* Anu ba yan? Kasi nga hindi gumagalaw sila David kanina. Nakikinuod lang sila sa away nung tatlo.

**"...You owe me two kiss."** Bulong nya.

Mabilis akong tumayo at lumayo sa kanya. Kasi nga, yung... Anu... Yung... Puso ko... *Shete naman!*

**"A-ayoko! H-hindi kapa nga n-nags-sorry sakin."**

**"I don't want to."** Mabilis nyang sagot.

**"I-i don't w-want to din."**

*Bakit ba ko nauutal?*

**"If i say the magic word, you'll give me permission to kiss you?"** Tanung nya.

*Papayag ba ko?*

Mataas ang pride ng impakto na to! Ayaw nga nyang magsorry. Pero maparaan din to eh.

Nagdadalawang isip akong pumayag. Pero may tiwala ako sa pride ng kumag na to. Sa sobrang taas hindi na ma-reach.

**"S-sige."** Alanganin kong sagot.

Tumingin sya sakin ng diretso. Seryoso'ng seryoso din ang muka nya.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin. **"...I'm..."** Huminga sya ng malalim. **"...I'm..."** Sandali syang huminto at nag-salita ulit. **"...I'm S.O.R.R.Y."**

*Ibang klase!*

I-spell daw ba yung Sorry. Sinasabi ko na! Maparaan ang kumag na to. Ginamitan ako ng ng *Galawang Ulupong.*

**"H-hindi counted yan! Wag kang madaya!"**

Bahagya syang tumawa. **"But i said it. End of discussion."** sabi nya at bigla nalang tumayo at akmang lalapit sakin.

Mabilis akong tumakbo palapit kila Yuri at nagtago sa likod nya.

**"Uy... Bakit?"** Tanung ni Yuri.

Pati sila Felix napatingin narin samin. Si Ci-N napatigil at taka'ng tumingin samin.

**"K-kasi... Yan kasi... K-keifer... Anu..."**

**"You owe me a kiss. I have your permission now. Remember?"** Sabi ni Keifer.

**"Hoy! Mandurugas ka! Hindi mo naman sinabi ng maayos!"** Sigaw ko.

**"Anu bang nangyayari?"** Tanung ni David.

Naglapitan na rin yung iba samin. Naguguluhan sa ginagawa namin nitong Hari ng mga Ulupong.

**"Eto kasi..."** Turo ko kay Keifer.

Magpapaliwanag pa lang sana ako pero bigla nalang akong hinatak ni Keifer palapit sa kanya. Niyakap agad ako ng isang braso nya sa baywang.

**"I got you now."**

*Aaahhhh... Hindi pwede!*

Pilit ko syang tinulak palayo. Pero walang saysay yun.

**"Anu ba?!"** Sigaw ko.

Hindi sya nagsalita. Bigla nalang nyang hinawakan ang isang kamay ko. At bago pa ko maka-sigaw.

*Putik!*

Isang halik ang binigay nya sakin.

"*Witwiw..*"

"*Tamis!*"

"*Dinaig yung ice cream natin sa sweetness.*"

"*Idol ko na si Keifer.*"

Humiwalay sya sakin kaya nakakuha ako ng pagkakataon na makahinga. Pero hindi pa rin ako makagalaw. May kung anu ring nangyayari sa puso ko.

**"One."** Bulong ni Keifer.

**"T-teka----"** hindi ko nasabi yung gusto kong sabihin.

Hinalikan na naman nya ko. Sandali lang din yun kagaya ng nauna. Pero para akong binuhusan ng malamig na tubig.

**"Two."** Sabi nya at binitiwan ako ng tuluyan.

Naghabol muna ko ng hangin dahil feeling ko nauubos ang oxygen sa katawan ko.

Nag mahimasmasan, agad kong tinignan ng masama ang walang hiya.

**"Punyemas kang impakto ka!"** Sigaw ko.

Bigla nalang syang ngumiti. **"Profanity."**

*Takte naman!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 111

**TY**

***Aries's POV***

Dumating na sila Mama. Aware na kami sa balita nila. Hindi na nakabawi yung company namin sa Guam at napilitan na silang ibenta yun.

**"Anu ng balak?"** I ask them.

No one dare to answer. Even Dad (Tito Julz) who have more experience on working in a company, can't even answer.

**"I don't know..."** Kuya Angelo start. **"...Pati company natin sa Singapore nagkaka-problema na."**

*Shit!*

Anu nalang mangyayari samin nito? Saan na kami pupulutin?

**"How about are partnership with DENSE Korea?"** Dad ask.

**"They're backing out."** Mabilis na sagot ni Kuya.

*Were doomed.*

Narinig kong bumukas ang gate. Dumating na si Jay-jay. Nakangiti pa syang pumasok.

**"Hi Jay!"** Mom greeted her and smile.

**"Andito na kayo? Welcome Home!"** Sabi ni Jay-jay at yumakap kay Mom.

**"Ginabi ka yata... Nakipag-date ka no?"** Pag-aasar ni Dad.

I know they are all trying to light up the mood. Ayaw din nilang ipaalam kay Jay-jay yung mga nangyayari.

**"Hindi po! Nagpatulong lang sakin si Yuri. Kayalang na-flat po yung gulong ng kotse nya kaya natagalan kami."** Paliwanag nya.

Suddenly, Kuya Angelo's expression change. Like he just realize something.

**"Jay..."** Tawag nya kay Jay-jay. **"...Umakyat ka muna sa kwarto mo. Meron lang kaming pag-uusapan."**

Kahit nagtataka, ginawa pa rin nya. Mabilis syang tumakbo paakyat ng hagdan papunta sa kwarto nya.

Narinig pa namin ang pagsara ng pinto ng kwarto.

**"Is there a problem Kuya?"** I ask.

**"The Hanamitchi's... They offer a business deal before."** Paliwanag nya. **"...but it involve Jay-jay."**

I knew that moment what he's talking about. Kung anu mang binabalak ni Kuya, hindi ko yun gusto.

+++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Oh ha! Dami kong chocolate. Umuwi na kasi sila Tita Gema and Tito Julz. Syempre may pasalubong ako. May mga bago ding gamit, kagaya ng sapatos at damit.

*Pero chocolate lang talaga yung gusto ko.*

Pagpasok ko sa room. Bumungad sakin si Ci-N. Alam nya kasi na may balik bayan sa bahay kaya hindi mawawala yung chocolate.

**"Parang ang sarap ng chocolate ngayon."** Parinig nya.

Tinakpan ko yung tenga ko at agad na naglakad palapit sa pwesto ko. Pero hindi ako tinantanan ng luko.

**"Lalu yung galing Guam!"** Malakas nyang sabi.

Pag-upo ko sa pwesto ko, tinignan ko sya ng masama. Inaagaw nya kasi yung atensyon nung iba.

**"Mamigay ka! Damot mo ah!"** Sabi nya sakin.

*Ay wow!*

**"Kahiya sayo ah? Kahiya dun sa hindi namigay ng ice cream!"**

Ngumiti naman ang luko sabay lapit sakin. Bigla nalang nyang hinablot yung bag ko at pilit binuksan.

**"Hoy!"** Sigaw ko pero agad na lumayo ang luko at kinuha yung isang pack ng chocolate.

Pagkakamali nga lang nya, nakita ng mga kapwa nya ulupong yun kaya ayun, nagkagulo na.

"*Hoy! Penge ako nyn!*"

"*Mamigay ka!*"

"*Pahingi naman!*"

Nagtakbuhan na sila sa labas dahil agad na tinakas ni Ci-N yung hawak nyang chocolate. Naiwan yung bag ko sa ibabaw ng table.

*Mag-damot factor!*

Kinuha ko nalang yung bag ko at bumalik na sa pwesto ko. Andun na si Yuri na nagpakaka-busy sa pag-aaral. At wag ka! Maaga ang Hari ng mga Ulupong.

**"GoodMorning!"** Bati ko kay Yuri.

Nginitian lang nya ko at bumalik sa ginagawa. *Ay deadma!*

Napatingin ako sa kabilang side ko kung saan naka-pwesto yung Hari. Hindi ko alam kung babatiin ko sya.

Pero wag nalang siguro. Inirapan na nya ko eh. Ang talim-talim iirap ng walang hiya'ng to. Dinaig pa yung babae.

Tinignan ko yung bag ko. Nagtabi na kasi ako ng chocolate para dito sa dalawang to.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya sabay abot ng chocolate. **"...Para sayo."**

Nag-alangan pa syang tanggapin nung una. Pero kinuha din nya.

**"T-thank you."**

Napansin ko si Keifer na nakatingin sakin. Para bang hinihintay nya kung bibigyan ko din sya. Tinignan ko yung bag ko. Naiinis talaga akong bigyan sya.

*Kasi nga...*

Pero hindi rin ako nakatiis. Kinuha ko yung chocolate at inabot sa kanya ng hindi sya tinitignan.

**"Oh!"** Sabi ko.

Kinuha naman nya yun. Wala nga lang akong narinig na pasasalamat. Pero okay lang, alam ko namang masyado'ng mataas ang pride nito----

**"Thank you."**

Nanlaki yung mata ko sa narinig ko. Nagpasalamat ang kumag! Agad kong hinarap si Yuri.

**"Samahan mo ko sa simbahan mamaya!"** Sabi ko.

**"H-ha? Bakit?"** Tanung ni Yuri na mukang nabigla sakin.

**"Magpapamisa ako! Nagpasalamat si Keifer sakin."**

Bigla nalang natawa si Yuri. Akala siguro nya nagj-joke ako. Pero seryoso ako, minsan ko lang marinig ng magsalita ng ganyan ang luko.

**"Seryoso ako Yuri."** Pagpipilit ko sa kanya.

**"Hahahaha... Alam ko. Para kasing shock na shock ka sa narinig mo."**

**"Ay shock talaga ko."**

**"Hahahahaha..."** Lalung lumakas ang tawa nya.

Ang lakas din ng tama nitong si Yuri.

**"Ang cute mo Jay."** Biglang sabi ni Yuri dahilan para mag-init ang pisngi ko.

Bakit ganito? Hindi na ko sanay sa mga compliments ni Yuri. Hindi ko maiwasan na hindi mahiya.

**"B-bahala ka nga dyan."** Sabi ko at umiwas na ng tingin sa kanya.

*Kainis tong Yuri na to!*

Biglang pumasok si Ci-N ng room. Marumi yung damit nya. Mukang dinagsa ng mga ulupong. Nakasibangot syang lumapit sakin.

**"Kinuyog nila ko."** Sumbong nya.

Mukang hindi rin sya nakakuha ng chocolate. Kawawa naman ang bata. Kinuha ko yung bag ko at hinalungkat yung laman.

Meron pa kong natitirang chocolate na para sana sakin. Pero ibibigay ko nalang sa kanya.

**"Oh, sayo nalang."** Sabi ko sabay abot ng chocolate.

Agad namang ngumiti si Ci-N sakin bago kuhanin yung inaabot ko.

**"Salamat!"** Buong galak nyang pasasalamat.

Dumating na si Sir Alvin kaya naman nagsi-ayos na kami ng upo. Tinabi na rin ni Yuri yung mga hindi nya kailangan sa klase ni Sir.

**"May gagawin kaba mamaya?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"Wala naman... Bakit?"**

**"A-aayain lang sana kita."** Nahihiya nya'ng sabi habang hinihimas ang batok nya.

Inaaya nya ba kong makipag-date?

**"S-saan naman?"**

**"Sa café malapit sa village nyo."** Sagot nya sakin.

Bukas naba yun? Huling punta ko don, sarado sila for renovation. Pero okay lang, miss ko na ring kumain dun. Nami-miss ko na din yung mga pagkain nila.

**"Sige."** Sagot ko sabay ngiti.

Binalik ko na yung tingin ko sa harap. Study mode on muna ang drama ko.

Tahimik kaming nagkikinig kay Sir, ng bigla nalang tumayo si Mayo at sinuntok si Eren. Sa sobran gulat, walang naka-galaw samin.

Kahit si Sir nabigla din.

**"Gago ka!"** Sigaw ni Mayo.

Hindi sumagot si Eren pero agad syang bumwelo ng suntok kay Mayo. Tuluyan na silang nag-away.

"*Kay Eren ako!*"

"*Kay Mayo! 500!*"

"*1000*"

Tignan mo trabaho nitong mga to! Sa halip na awatin pinagpustahan pa.

**"Kung awatin nyo kaya!"** Sigaw ko.

Si Sir Alvin lang tanging lumapit para awatin sila.

**"TAMA NA YAN!"** Sigaw ni Sir habang nasa gitna nila Eren at Mayo. **"...Gusto nyo bang ipadala ko kayo sa guidance?!"**

Walang sumagot pero matalim pa rin ang mga titig nila sa isa't isa. Hindi ko naman napansin na nag-uusap sila. Tapos bigla-bigla nalang magsusuntukan.

*Anu'ng problema nitong dalawa na to?*

**"Ms. Mariano!"** Tawag sakin ni Sir. **"...paki-hatid naman si Eren sa clinic."**

Nag-nod lang ako at lumapit kay Eren. Hinawakan ko sya sa braso para igayak papunta sa clinic. Yun nga lang hindi sya gumagalaw. Masama pa rin ang tingin nya kay Mayo.

**"Tara na..."** Bulong ko pero hindi pa rin sya gumagalaw kaya naman binatak ko sya sa patilya.

**"A-a-ah! M-masakit! Jay!"** Sigaw habang hinahatak ko sya papunta sa clinic.

Paglabas namin ng room binitiwan ko na sya. Tinignan nya ko ng masama pero tinumbasan ko yun.

**"Hindi mo naman kailangang mambatak ng patilya."** Inis na sabi nya habang hinihimas ang patilya.

**"Hindi ka kasi nakikinig! Anu bang nangyari?! Bakit ka inupakan ni Mayo?!"**

**"Ewan ko sa kanya! Bading naman sya sumuntok!"** Mayabang nyang sagot sakin.

Napa-iling nalang ako. Magkakasundo naman sila dati. Imposibleng hindi nya alam.

**"Baka naman may ginawa kang hindi nya nagustuhan?"** Tanung ko.

**"Ewan.. dami kong ginawa'ng kalokohan. Hindi ko alam kung alin dun kinagalit nya."**

**"Isipin mo kaya!"**

**"Naku! Bahala sya sa buhay nya!"**

Malakas na kutos ang binigay ko sa kanya. Lalu lang hahaba yung away nila kung ganyan sya.

**"Aw... Sakit..."** Bulong nya.

**"Isipin mo kasi, tapos mag-sorry ka."**

**"Ay ayoko!"** Mabilis nyang tanggi.

**"Bakit ba?!"**

**"Sya nauna!"**

Manang mana sa Hari ng mga ulupong tong mga to. Katataas ng pride, matira matigas loob.

Patuloy kami sa pagtatalo hangang sa makarating kami sa clinic. Agad namang inasikaso ng nurse si Eren.

Habang sinusuri sya inabot nya sakin yung cellphone nya.

**"Pahawak muna..."** Sabi nya bago sumunod sa nurse.

Kinuha ko naman yun at naupo muna sa waiting area sa labas lang ng clinic. Medyo matagal sila at hindi ko maiwasan na hindi mainip.

Dala ng pagkaburyong, binuksan ko yung cellphone ni Eren.

*Tsk! Walang password.*

Tinignan ko yung mga Games nya pero wala naman akong nagustuhan. Binuksan ko din Gallery nya at nakita ko dun yung mga picture nila'ng mukang nag-iinuman.

Naka-wacky pa si Eren habang naka-peace sign naman si Josh. Nag-swipe pa ko ng nag-swipe at bigla nalang ako natapat sa hindi ko inaasahan na picture.

Zinoom-in ko pa para maka-siguro sa nakikita ko. Natakpan ko nalang ang bibig ko.

Ngayon lang kasi ako nakakita nito----bale pangalawa na pala. Dahil yung una, yung gabi ng Festival.

*Tang'na!*

Dalawang lalaking naghahalikan. Sigurado na ko at hindi na ko pwedeng magkamali na yung nasa litrato'ng kaharap ko ngayon at yung nakita ko nung Festival ay iisa.

*S-si Mayo...*

Hindi ko kaya to! Nakakaloka! Pero ang mas hindi ko kinaya yung kahalikan nya.

*Si... Si Kit!*

Anak ng pito'ng put puting tupa! Kamusta naman?! Hindi kinaya ng mga brain cells ko pati mga bulate sa utak ko.

**"Nainip kaba?"** Tanung ni Eren paglabas nya.

Hindi ako nakasagot. Hawak ko pa rin yung phone nya.

**"...May problema ba?"**

**Author's Note:** Mayo Jeson Ramos

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 112

**Author's Note:** wala pa sna kong balk mag-update kasi eto lang naipundar ko. Pero kung dadagdagn ko pa to then matagl kayong maghihintay, baka ma-disappoint lang kayo... So, ayan kahit kapiranggot sana mahalin nyo. Hahahahaha....

*Sorry for the wrong grammar and spelling.*

**Feelings**

***Jay-jay's POV***

Masarap sana tong frappe na iiinum ko. Pero walang talab yan sa gumugulo sa utak ko.

*Hindi kinaya ng damdamin ko!*

**"Masarap ba?"** Tanung ni Yuri sakin.

Tinignan ko sya. **"O-oo.."**

**"Anung lasa?... Anung lasa ng hangin?"**

*Huh?!*

Tinignan ko yung iniinom ko. *Putik!* Wala na palang laman. Napakamot nalang ako ng ulo sabay pilit ng ngiti.

**"Speak now... I know something is bothering you."**

Ganun ba ko ka-obvious? *Tsk!*

Halatang hinihintay ni Yuri yung sasabihin ko. Pero wala akong balak magsalita. Hindi pa naman kasi ako sigurado sa nakita ko sa cellphone ni Eren.

Balak ko sana syang tanungin tungkol don pero hindi ko na nagawa. Sure talaga ako, sila din yung nakita ko nung gabi ng festival.

*Sila nga ba?*

**"W-wala to... Kung anu-anu lang kasi naglalaro sa utak ko."**

Parang nadisappoint sya ng bahagya sa sinagot ko.

**"Nakakapang-tampo ka."** Sabi nya.

Taka ko syang tinignan.

**"...You still don't trust us. Were all here for you pero parang hindi mo kami nakikita."**

*Ay nagtatampo na nga sya.*

Pero kung tutuusin tama sya. Andyan silang lahat para sakin.

**"It's not that i don't trust you. Hindi pa kasi malinaw sakin kaya panu ko sasabihin sa inyo. Conclusion pa lang yung nabubuo sakin. Once everything is clear, dun ko pa lang masasabi sa inyo."** Paliwanag ko sa kanya at ngumiti.

Nagpilit lang ng ngiti si Yuri. Alam ko namang nag-aalala sya sakin pero ayoko kasing basta magsalita. Panu ko naman sasabihin sa kanya na may hinala akong bakla si Mayo at Kit? Tapos mali pala ako.

Tsaka baka pagsinabi ko sa kanya, bigla syang gumawa ng action. O kaya sabihin nya kay Keifer. Lalu lang magkakagulo.

**"Uy... Nagtatampo ka talaga?"** Tanung ko habang nakatingin sa muka nya.

Sa table lang sya nakatingin habang umiiling sakin.

**"Ay nagtatampo nga."**

Bahagya akong lumapit sakanya. Pilit ko ring sinisilip ang muka nya pero panay ang iwas nya sakin.

**"Patingin nga ako kung panu magtampo si Yuri Hanamitchi."** Pang-aasar ko at patuloy sa pagsilip sa muka nya.

Kahit panay ang iwas, kitang-kita ko ang pamumula nya. Ang cute ni Yu---- *ko! Ang cute ko!*

**"Stop it..."** Inis na sabi ni Yuri pero lalu ko lang syang kinulit.

**"Patingin kasi..."** Pilit habang nakangiti.

Hindi ko kasi mapigilan na hindi matawa sa itsura nya.

**"S-stop it Jay..."**

**"Ayieh... Tampo-tampuhan."**

**"N-no... I-im not."**

**"Nauutal ka oh! Hahaha cute cute mo dyan."** Pang-aasar ko na lalu nyang ikinapula.

Lilipat na sana sya ng upuan dahil sa ginagawa ko pero nahawakan ko agad ang pisngi nya at hinarap sakin ang muka nya.

**"W-what are y-you doing?"** Tanung nya.

Ngumiti lang ako ng matamis sa kanya. Kasi kung tutuusin, hindi ko talaga alam kung bakit ko to ginagawa.

*Pero natutuwa akong gawin to sa kanya.*

**"Ma'am, Sir."** Sabi ng kung sino, medyo nagulat ako dahilan para mapabitaw ako sa paghahawak kay Yuri.

Pareho kaming napatingin sa nagsalita.

*Denzel?*

**"A-anung ginagawa mo dito?"** Tanung ko sa kanya.

Tinuro nya yung uniform nya at ngumiti. Nakapang-waiter sya. Mukang dito na sya nagta-trabaho.

**"Mukang hindi nyo na kailangang um-order... Sapat na yung ka-sweet-an nyo para mabusog kayo eh."** Pang-asar nya samin.

Pareho kaming napa-iwas ni Yuri ng tingin. Lakas din kasing mang-asar nitong si Denzel.

**"Anu na?! U-order paba kayo?"** Mapang-asar na tanung pa nya.

**"Y-yeah."** Sagot ni Yuri.

Kayalang bago pa kami maka-order, bigla nalang bumukas ang pinto ng café at dire-diretsong lumapit samin si Keifer.

**"K-keifer."** Pabulong kong sabi.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin. **"...You need to come with me."**

Taka ko syang tinignan. **"H-ha?"**

**"Is there any problem Keifer?"** Tanung ni Yuri bago tumayo.

Sakin pa rin nakatuon ang tingin nya. Seryosong seryoso sya dahilan para kabahan ako.

**"It's about my promise on bringing you back to Hemilton University."**

Awtomatiko akong napatayo. Ngayon na kami babalik dun? Pero akala ko mga next week pa, dahil hahanap pa daw kami ng tyempo na hindi mahahalata ni Kuya Angelo.

**"Nga-ngayon na talaga?"** Tanung ko at napatingin ako kay Yuri.

**"We have no more time for this. Tara na!"** Sabi ni Keifer at bigla nalang nya kong hinawakan sa kamay at hinatak palabas.

Pero bago pa kami maka-abot sa pinto, panibagong kamay ang humawak sa isa pang kamay ko.

*Yuri...*

**"Jay..."** Tawag nya sakin habang nakiki-usap ang mga mata nya.

**"Jay! We need to go!"** Sigaw ni Keifer.

Tinignan ko si Keifer sandali at muling binalik ang tingin kay Yuri. Nakiki-usap ang mga tingin nya sakin samantalang mapursige naman yung kay Keifer.

Kailangan kong puntahan si Papa. Pero gusto kong mag-stay sa hindi ko maintindihan na dahilan. Tinignan ko sandali yung mga kamay nilang nakahawak sakin.

*Bakit parang ang laking desisyon nitong gagawin ko?*

Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko. Binawi ko yung kamay ko sa pagkakahawak ni Keifer at hinarap si Yuri.

**"Kailangan ko lang puntahan si Papa. I hope you understand."** Sabi ko.

Hinawakan ni Yuri yung isa ko pang kamay. **"I know. But please, come back here."**

Mabilis akong nag-nod bago bawiin ang mga kamay ko sa kanya. Dali-dali akong tumakbo palapit sa pinto kung nasan si Keifer.

**"Let's go."** Sabi nya bago kami tumakbo palapit sa kotse nya.

*Ibang kotse na naman?!*

Pagsakay sa loob, mabilis na pinaandar ni Keifer ang sasakyan. Agad kong kinabit yung seatbelt ko dahil pakiramdam ko kasali ako sa F1 racing.

*Napaka-bilis! Hanep yan!*

Mahigit dalawang oras ang naging byahe namin nun, nung University visit. Pero sa bilis magpatakbo nitong Hari ng mga ulupong feeling ko kalahating oras lang ang magiging byahe namin.

Seryosong seryoso pa rin ang muka nya habang naka-focus sa daan. Hindi ko masabi kung galit sya o ano.

**"K-keifer..."** Tawag ko sa kanya.

Hinintay ko kung sasagot sya pero walang imik ang luko.

**"Keifer..."** Tawag ko ulit.

**"What?!"** Inis na tanung nya sakin.

**"Wala lang."**

**"Tss."**

Ay nainis yata. Binalik ko nalang yung tingin ko sa daan at hinayaan na sya. Naging tahimik lang kami sa buong byahe.

Pagdating sa Hemilton University, mabilis ang naging kilos naming dalawa. Tumakbo kami papunta sa receiving area ng pinaka-malaking building.

**"Miss... S-saan po si Jasfher Mariano?"** Bungad ko dun sa babaeng naka-pwesto sa receiving table nila.

Taka nya kong tinignan at si Keifer. **"W-wala na po sya... Naka-alis na po kanina."**

Nalungkot ako dun sa sinabi nya pero hindi ako nawalan ng pag-asa.

**"Baka po pwedeng maka-kuha ng info tungkol sa kanya. Kung saan sya nakatira o kaya po contact number."**

**"Ay hindi po pwede."** Mabilis na sagot nung babae sakin.

**"Sige na Ate, kailangan lang talaga. Emergency kasi to!"** Pagpipilit ko.

**"Hindi po talaga pwede."**

**"Look Miss... We don't have time for this. We really need to talk to that guy."** Singit ni Keifer.

Halatang naiirita na rin sya kasi ayaw mag-bigay ng info nitong si Ate. Naiintindihan ko naman sya kung hindi pwede kayalang kasi... *Aaaiizzztt!*

**"May problema ba dito?"** Tanung kung sinong lalaki.

Naalala ko sya! Isa sya dun sa nagsalita nung University Visit namin dito.

**"Kasi sir nangungulit po sila... Nanghihingi po ng info ni Sir Mariano."** Sumbong nung babae.

Tinignan nya kami pareho ni Keifer. **"What for?"**

**"K-kasi po----"**

**"We cannot tell you... but please tell him that Jay-jay is here."** Putol ni Keifer sa sasabihin ko.

Tinignan nung lalaki yung relo nya. **"Kahit sabihin ko sa kanya, wala na ring saysay yun. Nakasakay na siguro sya ng eroplano."**

*Eroplano?*

**"Nahuli na tayo..."** Bulong ni Keifer.

Naguguluhan ako. Anung nahuli na? Anung eroplano?

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya.

**"Someone told me that your Dad is leaving for good."**

Pagkasabi nya nun, kusa nalang nanlambot ang tuhod ko. Muntik na kong mapaluhod kung hindi lang ako nakahawak sa table.

Iiwanan na nya ko tuluyan. Ngayon pa talaga kung kailan kilala ko na sya. Bakit nya ginagawa to?

**"K-keifer... Baka pwede pa nating puntahan sa airport? Baka maabutan pa natin sya?"** Sabi ko habang nagpipigil ng iyak.

**"Oh baka hindi na..."** Mahinahong sagot nya.

Hindi na nagpapigil pa yung luha ko. Kusa na silang bumagsak. Kesa pagtinginan ako, mabilis akong naglakad palabas ng building at dumiretso sa parking kung nasan yung kotse ni Keifer.

Napa-upo nalang ako sa isang plant box.

Ang sakit kasi, ang sakit isipin na may chance na kayong magkasama pero pinili nyang umalis. May pagkakataon na syang bumawi sakin, pero hindi nya ginawa. Akala ko kapag nakita ko sya magiging okay na lahat sakin.

*Mali pala ako.*

Naramdam kong may naupo sa tabi ko. Hindi na ko nag-aksayang tignan kung sino yun.

**"Jay..."** Tawag nya sakin at bigla nalang nya kong inakbayan. Sinandal nya yung ulo ko sa balikat nya. **"...Sana pala binilisan ko, baka naabutan pa natin sya."**

**"H-hindi rin... Aalis na talaga sya. Wala na tayong magagawa dun."** Sagot ko.

**"He have reason Jay... As of now, we don't know what it is."**

Mas lalung bumigat yung pakiramdam ko at naging dahilan ng malakas na pag-iyak ko.

**"Sige lang... Cry as long as you want."**

Mas lalu pa kong umiyak. Naisubsob ko nalang ang sarili ko sa bandang leeg ni Keifer. Hindi ko alam kung panu ilalabas yung sakit na to.

Kung kailangan kong ubusin yung luha ko, ayos lang. Matanggal lang yung bigat sa dibdib ko.

Matagal kaming nasa ganung posisyon. Kusa ding akong huminto at nag-aya umuwi. Hindi na din nagsalita si Keifer o ang nagtanung ng kahit anu.

Ramdam siguro nya na wala ako sa mood na makipag-usap. Hinatid nya ko samin. Paghinto ng sasakyan, bigla nalang nya kong niyakap.

Nagulat pa ko nung una pero alam ko naman kung para saan yung yakap nya.

**"Were here for you..."** Bulong nya sakin.

**"S-salamat."**

Bumitaw sya sa pagkakayakap. Akmang bubuksan ko na yung pinto ng kotse ng hawakan nya ko sa braso.

Paglingon ko sa kanya, mabilis nya kong hinalikan sa noo.

Hindi ako nakapagsalita. *Tameme!* Gusto ko sanang tanungin kung para saan yun pero umiwas na sya ng tingin.

Napilitan akong bumaba at mabilis na naglakad papasok ng gate. Hindi ako agad pumasok sa loob ng bahay. Nakasandal lang ako sa gate at pinakinggan kung aalis na yung kotse nya.

Hindi naman ako nabigo dahil mabilis na pinaandar ni Keifer ang kotse nya paalis.

*Y-yung puso ko...*

Hindi na to maganda! Kakaiba na kasi, parang sobra na. Tama na yung inamin ko sa sarili ko na may kakaibang nararamdaman nga ako sa kanya. Wala na kong balak aminin kung anu yung nararamdaman ko na yun.

Baka magkagulo lang kung pipilitin ko pang alamin yun. Mas mabuti na yung ganito.

Lumakad na ko palapit sa pinto ng bahay. Isang hakbang nalang sana nasa loob na ko pero napatigil ako.

Para kasing meron akong nakalimutan.

*Shit! Si Yuri!*

Mabilis akong umikot para tumakbo sana palabas pero biglang pumasok sa isip ko na baka wala na sya dun. Pero magtetext sya sakin kapag ganun.

Agad kong kinuha yung phone ko pero wala kahit isang text or tawag akong natanggap galing kay Yuri.

Nakagat ko nalang ang kuko ko. Hindi kasi ako sigurado sa gagawin ko. Gustuhin ko man kasing tawagan or itext si Yuri......wala akong load.

*Haizt! Bahala na nga!*

Kinuha ko yung bike ko at agad na sumakay. Medyo madilim na sa labas pero wala lang sakin yun. Mabilis akong nag-pidal kahit wala naman kasiguraduhan kung andun pa sya.

Pagliko ko sa kanto kung nasan yung café napahinto ako. Nakapatay na kasi yung ilaw at halatang wala ng tao sa loob.

*Umalis na siguro sya.*

Napabuntong hininga nalang ako. Aalis na sana ako para bumalik sa bahay pero parang may natanaw akong gumalaw sa loob ng café. Kahit hindi ako sigurado sa nakita ko, lumapit pa rin ako.

Pilit kong tinanaw sa salamin na bintana ng café yung loob.

*Parang... Parang... Parang may tao.*

Pinarada ko yung bike ko. Lumapit ako sa salaming pinto ng café. Sisilip lang sana ako pero aksidente kong natulak yung pinto. Dun ko lang napagtanto na bukas pa pala yung café.

Lalu ko pang itinulak yung pinto, sakto para makapasok ako. Bigla nalang akong napahinto ng makita ko yung paligid.

Puro christmas light na nakasabit sa kisame. Nagmumuka silang alitaptap at ang ganda. Hindi ko maiwasan na hindi mapangiti sa nakikita ko.

Puro scented candle din sa paligid.

*Sino namang.... Si Yuri?!*

Agad akong niligid yung mata ko para hanapin si Yuri. Sya kaya ang may gawa nito? Pero para saan? Bakit may ganito?

Nakapwesto sya sa sulok. Magisa at tahimik na nag-iinom. May apat na bote na ata yung nasa harapan nyang walang laman.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya.

Agad syang huminto sa pagtungga ng alak at tinignan ako. Nagpilit sya ng ngiti at binaba yung boteng hawak nya.

**"Maganda ba?"** Tanung nya sakin habang nakatingala.

**"Oo naman..."** Sagot ko at ngumiti sa kanya.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan parang kusa ko nalang napansin na meron syang problema.

Mukang hinintay talaga nya ko. Nahiya tuloy ako bigla. Umalis-alis ako pero nauwi lang din pala sa wala. Kung alam ko lang, sana pala hindi ko na sya iniwan.

Narinig ko syang nagbuntong hininga kaya napatingin ako sa kanya.

**"May problema ba?"** Tanung ko.

Nagpamulsa sya at tumingin sa sahig. **"Jay-jay..."** Panimula nya.
**"...Seryoso ka na ba sa feelings mo kay Keifer?"**

*A-anung...*

**"H-ha?"**

Bigla nalang nyang ginulo ng isang kamay nya yung buhok nya. Para bang naiinis sya na hindi ko maintindihan.

Bubuka pa lang sana yung bibig ko para magsalita pero bigla nalang nilabas ni Yuri yung isang kamay nya galing sa bulsa.

Meron syang hawak na binaba nya sa lamesa. Maliit na box na kulay pula. Kusa nalang bumilis ang tibok ng puso ko.

**"For you..."** Sabi nya at naglakad palabas ng café.

Naiwan akong nakatanga at nakatitig sa box na binigay nya. Nilingon ko pa sya sandali pero nakaalis na sya agad.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko.

*Sana mali ako... Sana hindi ito yung iniisip ko.*

Dahan-dahan kong kinuha yung box at unti-unting binuksan yun. Nanlaki nalang ang mata ko nung makita ko yung laman.

Napaupo ako sa silyang malapit sakin.

*A-anung ibig sabihin nito?*

Bakit nya ko binigyan ng singsing?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 113

**Red Box**

***Jay-jay's POV***

Tatlong oras! Oo... Binilang ko talaga. Binilang ko kung ganu na ko katagal na nakatitig sa maliit na pulang kahon.

Hindi sa wala akong magawa sa buhay ko kaya tinitigan ko nalang to. Pero hindi ko kasi maiwasan. Hindi na nga ako nakagawa ng assignment sa kakaisip sa kahon na to.

*May assignment nga ba?!*

Next time ko nalang iisipin yun. Weekend naman, marami akong oras para gawin yun. Sa totoo lang, nababangag na ko sa kakatitig dito.

Kaylangan ko kasi ng kasagutan sa maraming tanung. Syempre una na dyan yung tanung na '*Bakit?*'. Bakit nya ko binigyan ng singsing? Birthday ko ba? Hindi naman.

Sunod na tanung ko, '*Para saan?*'. Para saan tong singsing na to? Sign of friendship?

At ang huli kong tanong ay, '*Ano?*'. Anu ba talaga nangyayari kay Yuri at anong naglalaro sa isip nya? Walang magawa sa pera? Sya na mayaman.

Nakamot ko nalang yung anit ko sa inis. Gustuhin ko man kasing itext or imessage si Yuri, ayaw naman makisama ng kamay ko. At hindi ko rin alam ang sasabihin ko.

**"Singsing ba yan?"** Tanung ng kung sino dahilan para magising ako sa malalim na pag-iisip.

Agad kong tinignan kung sino yun.

**"T-tita..."** Sabi ko at tinago yung box sa kumpol ng unan.

**"Tinago mo pa, eh nakita ko na."** Sabi nya at naupo sa tabi ko.

**"W-wala po yan... W-wag nyo na po pansinin."**

Nginitian ako ni Tita. Para bang nang-aasar sya at halatang hindi naniniwala sa sinabi ko.

Bigla nalang nyang kinuha ang box. Kahit nasa kumpol ng unan, nagawa pa rin nyang makuha.

**"Patingin ako."** Sabi ni Tita pagkakuha nya.

Hindi na ko nakapag-salita. Hawak na eh, anu pa magagawa ko.

Binuksan nya yung box at kitang kita ko ang pamimilog ng mata nya sa pagka-mangha.

Tinanggal nya yung singsing mula sa kahon at sinipat-sipat.

**"Diamond ring... May nag-aya naba sayong magpakasal?"** Tanung ni Tita.

Mabilis akong sumagot ng iling. **"W-wala po... Bakit?"**

**"Nakita ko na sa magazine ang singsing na to. Engagement ring to."**

*E-engagement ring?*

Bakit ako binigyan ni Yuri ng engagement ring? Sumasakit ang ulo ko. Lalu akong naguluhan sa nangyayari.

Biglang kinuha ni Tita Gema yung kamay ko. Dahan-dahan nyang sinuot yung singsing sa daliri ko.

**"Sukat na sukat..."** Sabi nya at ngumiti ng malapad sakin.

Agad ko namang hinubad yun singsing at binalik sa kahon. Kailangan kong maka-usap si Yuri. Kailangan nyang linawin sakin kung para saan to.

**"Sino bang nagbigay sayo nyan?"** Mapang-asar na tanung ni Tita.

Napakagat ako ng ibabang labi. Nakakaluko ata kung sasabihin kong kaibigan ko.

**"Isang tao po na hindi-ako-sigurado-kung-gusto-nga-ako."**

Bigla nalang tumawa ng malakas si Tita. Hindi ko alam kung nakakatawa ba yung sinagot ko o anu.

**"Binigyan ka ng singsing tapos hindi ka sure kung gusto ka?"** Tanung nya sakin.

Nag-nod lang ako bilang sagot. Hinawakan ni Tita yung isang kamay ko.

**"Jay-jay... Matuto kang makiramdam. Wag kang manhid."**

**"N-nakikiramdam naman po ako. A-ayoko lang pong maging assuming."**

Bahagyang tumawa si Tita. Hinawi nya yung buhok ko at tinignan ako.

**"Dalaga na talaga ang Jay-jay namin."** Sabi nya at hinalik ako sa noo.

Sa totoo lang kapag ginagawa nya yan, pakiramdam ko sya ang Nanay ko. Kahit nung nakay Lola pa ko, hindi sya nagmintis na iparamdam sakin na pwede ko syang lapitan anu mang oras.

**"...Tara na, kumain na tayo. Kanina pa kita tinatawag pero hindi mo ko naririnig. Busy ka masyado sa singsing na yan."**

Napahimas ako ng batok. **"Ay, sorry po."**

Tumayo na si Tita kaya sumunod na ko. Nilagay ko muna yung box sa study table. Dumiretso na kami sa dining kung nasan sila Kuya at sila Tito Julz. Andun din si Aries na mukang binagsakan na naman ng langit.

**"Upo na Jay... Kain na."** Utos sakin ni Tito Julz.

Naupo na ko at nagsandok ng kakainin. Habang kumakain, nag-uusap sila Tito at Kuya Angelo. Minsan nakikisali si Tita Gema pero kami ni Aries, eto at nagpapalitan ng tingin.

*Napapanu na naman to?!*

Kanina pa sya susulyap ng tingin sakin pero salubong na salubong ang kilay. Feeling ko sinapian na naman sya.

Tropa-tropa talaga sila nila Keifer. Parehong may Sapi. Lakas ng mga tama sa utak. Kaya siguro sila napagkukumpara nung Hari ng mga Ulupong.

Tahimik lang ako sa pwesto ko ng biglang mag-ring yung telepono. Isa sa maid nila Tita yung sumagot.

**"Miss Jay-jay... Para sa inyo daw po."** Sabi sakin nung maid.

**"Sino yung tumatawag?"** Tanung ni Kuya.

**"Mama daw po ni Jay-jay."**

Pare-pareho kaming natigilan at lahat sila agad na tumingin sakin. Ayoko sanang sagotin ang tawag pero alam kong magagalit si Kuya Angelo.

Tumayo ako at nagpunta sa Sala kung nasan yung landline nila Tita. Nag-aalangan pa kong magsalita nung una.

**"H-hello..."**

**["*Jay-jay?*"]** Tanung nung nasa kabilang linya.

Halos mapaiktad ako ng marinig ang boses nya. Ganu naba katagal? Ganu na katagal na hindi ko naririnig ang boses nyang tinatawag ang pangalan ko?

**"A-ako nga."**

**["*Finally, nakausap din kita! Bakit wala ka nung nagpunta ako dyan? Alam mo bang gustong gusto kitang makita. Nami-miss na kita!*"]**

**"Bakit?"** Halos pabulong kong tanung.

**["*Anong bakit? Syempre anak kita! Gusto kitang makasama! Ang dami kong gustong sabihin sayo! Ikakasal na ko-----*"]**

**"Bakit hindi mo sinabi sakin na andito lang pala si Papa?"** Putol ko sa sinasabi nya.

Tumahimik sa kabilang linya pero naririnig ko ang paghinga nya. Alam kong hindi sya makakasagot.

**["*Jay-jay anak. Ganito kasi, hindi masabi sayo ni mama.....*"]**

Hindi ko na pinakinggan ang sasabihin nya. Dahan-dahan kong binaba yung telepono ng hindi pinapatay ang tawag. Bahala syang magdadaldal sa hangin.

Bastos na kung bastos pero ayokong marinig ang paliwanag nya. Masasayang lang ang oras kung gagawin ko pa yun, halata namang magdadahilan lang sya.

Bumalik ako sa dining at tinuloy yung pagkain ko. Hindi ko sinabi na nasa kabilang linya pa rin si Mama.

**"Anong sabi ng Mama mo?"** Tanung ni Tito Julz.

**"Nangangamusta lang po."** Mabilis kong sagot.

**"Yun lang? Bakit parang sandali mo lang sya kina-usap?"** Puna ni Tita Gema.

*Kasi sandali lang ako nakinig sa kanya.*

**"S-sinabi ko po kasi na kumakain pa ko. Mamaya nalang daw po ulit."** Dahilan ko.

Napansin ko yung pagtaas ng isang kilay ni Aries. Hindi ko alam kung nahalata nya ko o anu.

Binilisan ko yung pagkain. Baka kasi malaman nila yung ginawa ko at kagalitan ako agad.

**"Tapos na po ako."** Sabi ko at mabilis na naglakad pabalik ng kwarto ko.

Pagdating sa kwarto ko, hinanap ko agad yung box ng singsing sa study table ko. Pero wala na dun.

Sinilip ko din yung ilalim ng lamesa baka nahulog lang. Pero wala talaga. Saan naman mapupunta yun? Dito ko lang iniwan, unless nalang kung may papasok dito at----

**"Sinong nagbigay sayo nito?"**

Napatingin ako sa may pintuan kung saan nakatayo si Aries hawak ang box na pula.

**"K-kaibigan ko lang."** Sagot ko.

**"I'm not stupid Jay."**

Hindi ako makasagot. Masyadong makitid ang utak nya para paliwanagan pa. Agad akong lumapit sa kanya at pilit inigaw yung kahon pero inilayo nya.

**"Who gave you this?"** Ma-otoridad na tanung nya ulit sakin.

*Tsk! Asar!*

**"S-si Yuri..."** Halos pabulong kong sagot.

Hindi sya nagsalita. Pinagmasdan muna nya yung kahon sa kamay nya. Binalik nya yung tingin sakin at bigla nalang hinagis yung box.

Sinalo kong pilit yun bago mahulog sa sahig.

**"Return it."** Utos nya.

Taka ko syang tinignan. **"H-ha?"**

**"Ibalik mo yan sa kanya!"** Inis na ulit nya. **"...And i want you to stay away from them."**

Nagsalubong ang kilay ko sa mga pinag-sasabi nya. Sinasapian na naman yata sya.

**"Bakit ko naman gagawin yun?! Napapanu ka naman ba?!"**

**"Do it. I'll talk to Kuya and ask him to move you to a different Section."** Sabi nya.

Nakaramdam ako ng inis sa mga pinagsasabi nya. Ngayon pa talaga? Nakaka-ilang buwan na kaya ako sa Section E. Dalawang exam na nga yung dumaan.

**"Tantanan mo nga ako! Ayoko! Hindi ako lilipat!"** Inis na sabi ko sa kanya.

Agad nya kong tinignan ng masama. **"Bakit ba ang tigas ng ulo mo?!"**

**"Kung anu-anu kasing pinagsasasabi mo!"**

Bigla nalang nya kong hinablot sa damit at sinandal sa pader. Nakaramdam ako ng takot pero pilit kong tinago yun.

**"Follow my order or you'll never see your father!"**

Napatigil ako. Anong ibig nyang sabihin dun?

Binitiwan nya ko at akmang lalabas ng kwarto ko pero hinawakan ko agad sya sa braso at hinarap sakin.

**"Anong ibig mong sabihin dun?!"**

Tinabig nya yung kamay ko. **"Before he leave, pumunta sya dito. Nakiki-usap samin na kung pwede ka pa raw nyang makita. Hindi pumayag si Kuya kaya nag-iwan sya ng contact number at address."**

Hinawakan ko agad ang kamay nya para hindi sya makaalis.

**"A-aries... Nakiki-usap ako----"**

**"Do what I said and I will help you get his information."** Putol nya sa sinasabi ko.

Muli nyang tinabig yung kamay ko at tuluyan ng lumabas ng kwarto. Napa-upo nalang ako sa sahig sa panlalambot ng tuhod.

Pwede ko na syang makausap pero...

*Lalayuan ko sila.*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 114

**Decision**

***Jay-jay's POV***

Nag-aalangan akong pumasok. Parang mas gusto kong mag-stay sa bahay at magkulong sa kwarto.

Nakaka-bungol isipin kung susundin ko ba yung sinasabi ni Aries. Ayokong umalis sa Section E, higit pa sa kaibigan at kaklase yung turing ko sa kanila.

Pero gusto ko ng maka-usap si Papa. Kapag naibigay na sakin ni Aries yung contact number nya, makaka-usap ko na sya.

**"Bakit nandyan kapa? Baka malate kana."** Puna sakin ni Tita Gema.

Nakatayo lang kasi ako sa may gate. Isang hakbang nalang nasa labas na ko pero pinili kong huminto.

**"Iniisip ko lang po kung may nakalimutan ako."** Palusot ko.

**"Meron ba?"** Tanung nya.

Umiling ako bilang sagot.

**"Pasok na... Baka malate kapa."** Pang-uudyok ni Tita sakin bago ngumiti at pumasok ng bahay.

*Haizt! Kainis!*

Wala talaga akong choice. Napilitan  akong lumabas ng gate at maglakad papunta sa kanto namin. Tulala pa ko nung una pero ng makarating sa kanto inayos ko din ang sarili ko.

Iniisip ko kung maglalakad ako o papara ng jeep na sasakyan. Wala ako sa mood pumara ng sasakyan, tinatamad din akong naglakad.

*Eh aanu?!*

Nakakabadtrip naman to! Sandali pa kong tumayo ng may marinig akong busina ng sasakyan. Galing sa kotseng nakaparada malapit sakin-----*wow! Yayamanin!*

Nissan GTR!

Kung mayaman lang ako at marunong akong mag-drive, ganyan ang bibilin ko. Bigla nalang bumukas ang pinto at lumabas ang driver.

*Ay may impakto!*

Umaano dito to? Bago na naman yung kotse nya. Parang laruan lang yung mga kotse sa kanya, basta sya palit ng palit.

**"Bakit andito ka?"** Bungad ko sa kanya.

**"Sinusundo ka."** Mabilis na sagot ng Hari ng mga Ulupong.

Bakit na naman kaya?----*stay away from them!*

Kusa nalang pumasok sa isip ko yung sinabi ni Aries. Dapat ko naba silang layuan? Kapalit ng pagkakataon kong maka-usap si Papa.

Bigla nalang may pumitik na daliri sa harap ko, dahilan para magising ako mula sa pag-iisip.

**"You're spacing out!"** Sabi ni Kiefer.

Magsasalita pa lang sana ako pero bigla nya kong hinawakan sa kamay at parang batang hinatak palapit sa passenger seat ng kotse nya.

**"Get inside!"** Utos nya sabay tulak sakin papasok.

Grabe tong lalaki na to! Hindi man lang ako bigyan ng pagkakataon kumilos o magsalita. Basta tulak nalang ang luko.

Pagpasok nya sa loob, tinignan ko sya ng masama.

**"Maka-tulak ka naman!"**

**"Tss."**

*Ay naku! Lakas talaga maka-pisti!*

Umandar na yung kotse at walang kibuan kaming dalawa. Nababanas ako sa pagmumuka nya. Baka mag-talo na naman kami kung anu pa masabi ko sa kanya.

Nakatingin lang ako sa labas ng meron akong mapansin. Hindi kami papunta ng school!

**"Hoy! Saan tayo pupunta?!"**

Tinignan lang nya ko sandali at binalik ang tingin sa daan.

*Anak ng...*

**"Hoy! Anu ba?!"**

**"Just wait and see."** Bored nyang sagot.

*Tengene nemen!*

Napilitan akong manahimik. Yari ako nito kay Kuya, malalaman nun na hindi na naman ako pumasok.

Sa totoo lang naiipon na yung sermon nya para sakin. Nito kasing mga nakaraang araw, busy si Kuya kaya pati pag-sermon sakin hindi nya magawa.

Pero ayoko pa rin nun. Baka isang araw sumabog na naman sa galit yun at ako yung pagbuntunan.

Bigla nalang kaming pumasok sa isang building. May tallgate tsutsu, kung saan may inabot si Keifer at tinanggap nung nakapwesto sa tallgate.

Pagpasok sa loob, sobrang dilim at ang daming kotse. Mukang parking area pala to. Sandali pa kaming umikot bago nakahanap ng matinong pwesto para sa napaka-gandang kotse nya.

*Gusto ko din ng ganito.*

Paghinto, bumaba na si Keifer kaya ganun din ako. Mabilis syang naglakad palayo kaya dali-dali akong tumakbo para lang makahabol sa kanya.

Meron syang pinindot sandali at tumunog ang kotse nya.

*Wow!*

**"Aanu ba kasi tayo?!"** Inis na sabi ko sa kanya.

Hindi na naman sya sumagot. Hindi kaya naputulan na ng dila ang isang to. Hindi na sumasagot eh.

Huminto kami sa harap ng elevator at hinintay bumukas yun. Pagbukas, agad na pumasok si Keifer pero hindi ako sumunod o gumalaw.

**"What are you waiting for?!"**

**"Sagot sa tanung kong '*Saan ba talaga tayo pupunta?*'."** Sagot ko sa kanya.

**"Ewan! Sige maiwan ka dyan!"** Sigaw nya sakin at biglang pinindot yung buton para magsara yung pinto ng elevator.

Nagmadali ako sa pagpasok sa loob. Ayoko maiwan dito, ang dilim kaya tsaka baka totoo yung sinasabi nila na may taong ahas sa basement ng mga building.

**"Eto na nga! Sabi ko nga sasakay na!"** Sabi ko pagpasok sa loob.

**"Tss."**

Pinindot nya yung buton na may letter G. Wala talaga akong clue sa iniisip nitong kumag na to.

Pagbukas ng elevator, bumungad sakin ang christmas theme at malakas na music. Lumabas si Keifer kaya sumunod na naman ako.

*Teka!*

Nasa Mall ba kami?! Niligid ko yung paningin ko. Nasa mall nga talaga kami.

Aanu naman kami dito? Anu bang balak nitong si Keifer?

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Pareho kaming lumingon ni Keifer. Si Eman, Edrix at Rory yung bumungad sakin.

**"Ang tagal nyo naman... Kanina pa kami dito."** Reklamo ni Edrix.

**"Blame this girl."** Turo sakin ni Keifer.

*Hm?!*

Ako daw ba ituro! Animal talaga.

**"Tara na... Ang dami nating kailangang bilhin."** Aya ni Eman.

Naglakad na silang lahat. Wala pa rin akong clue kung aanu ba talaga kami dito sa Mall, at anong *kailangang bilhin*?

**"Eman!"** Tawag ko at bahagyang tumakbo palapit sa kanya. **"...Aano tayo dito?"**

Taka nya kong tinignan. **"Wala bang sinabi sayo si Keifer?"**

*Meron, marami! Kaya nga ako nagtatanung eh!*

Umiling nalang ako bilang sagot.

**"Bibili tayo ng gagamitin sa christmas party natin."** Sagot nya.

**"Ha?"**

Ang alam ko, hindi kasama ang Section E sa Christmas Party ng school. Kaya bakit kami bibili ng gagamitin?

**"Meron tayong sariling celebration... Sa labas ng school."** Singit ni Rory.

**"Saan naman?"**

**"Wala pa tayong napipiling lugar... Dati kila Keifer pero may issue kasi sila Blaster at Keigan. Kaya kailangang lumipat ng venue."** Paliwanag ni Edrix.

Ayos din tong mga to! Basta ginusto walang makakapigil. Kesa nga naman, hindi sila makapag-christmas party edi gumawa ng sariling party.

Tutal andito na ko, edi tumulong na. Hindi ko lang maintindihan, kung bakit sinama pa ko nitong mga to.

Sa isang Decorating Store kami nagpunta. Kumpleto sa supply, pati costume meron din. Dahil malapit na ang pasko, kaya puro pamasko yung nakabalandra sa eskaparate nila.

**"Kuha ka ng basket..."** Utos sakin ni Eman.

Ginawa ko naman at ganun din ang ginawa nila Edrix at Rory. Halos si Eman lang ang namimili ng gagamitin. Minsan magtuturo sila Edrix at Rory pero madalas ng gugulo lang sila.

Bigla nalang may nag-abot sakin ng maliit na christmas tree.

**"Eto maganda..."** Sabi nung nag-abot----*Si Ci-N pala!*

Nakasibangot sya at parang batang inis na inis. Napalingon ako kila Edrix, kausap nila si Eren at....Kit.

**"Ganyan tayo eh! Lumalakad ng hindi nagsasama!"** Inis na sabi ni Ci-N.

*Mukang nagtatampo ang bata.*

**"Sinundo lang ako ni Keifer. Kung alam ko namang may lakad sasabihin ko sayo no!"** Paliwanag ko.

**"Panu mo sasabihin sakin?! Aber!"** Parang matanda nyang sabi sabay pamaywang. **"...Eh lagi kang walang load!"**

Ay... Oo nga! May punto sya dun, kahit gusto kong sabihin, hindi ko din masasabi. Hindi na ko nakakapag-load. Nagtitipid kasi ako, dahil nga nasa pautangan pa yung pera ko.

**"Sorry naman!"**

**"Naku! Ganyan ka naman! Sarili mo lang kasi iniisip mo!"** Sabi nya sabay walk out.

Lokong to! Humugot pa ang lintik.

**"Sige... Lilibre pa naman sana kita! Kayalang nagtatampo kana!"**

Pagkasabi ko, bigla nalang syang naglakad paatras pabalik sa pwesto nya kanina.

**"Apology accepted."** Sabi nya sabay ngiti.

Napangiwi nalang ako. Ibang klase talaga! Lumapit kami kila Edrix na patuloy sa pakikipag-usap kila Eren at Kit.

Hindi ko maiwasan na hindi tignan si Kit. Tapos maglalaro pa sa isipan ko yung picture nila ni Mayo na nag-----*aarrrgghhh!*

*My gudness!*

Don't think about it! Don't think about it! Don't think about it!

Lalakad na sana ako paalis ng hawakan ni Eren yung basket na dala ko.

**"Ako na..."** Sabi nya at kinuha sakin yung basket.

Hinayaan ko nalang sya. Kasunod nya si Kit na nagpilit lang ng ngiti sakin. Dun ko lang napansin na malungkot yung mga mata nya.

*May nangyari kayang hindi maganda?*

Naiwan akong nakatayo lang sa pwesto ko. Halos lahat kasi sila naghanap ng mabibili. Pati si Ci-N, sumama din kila Eman.

Pinagmamasdan ko lang sila. Gusto ko muna silang panoorin, kahit sandali. Matutulungan ako nito sa pag-iisip. Kung anu ba talagang dapat kong gawin.

Sa maikling panahon na magkakasama kami, malalim na rin yung naging samahan namin.

Nakisama ako sa mga naging problema nila. Nung mga panahon na umiyak sila at tumawa. Sinuportahan namin ang isa't isa.

Kahit hindi naging maganda yung mga unang linggo naming magkakasama nabawi din naman nila agad yun.

Akala ko dati, mahihirapan ako sa Section na to dahil ako lang ang babae pero hindi pala ganun yun. Tinanggap nila ko na parang bang isa talaga ako sa kanila.

Parang hindi ko kaya na ipagpalit sila sa kahi anung bagay.

**"Jay..."** Tawag sakin ng kung sino.

Lumingon ako sa tabi ko at nakatingin sakin si Keifer na may halong pagtataka. Hinawakan nya yung pisngi ko at dun ko lang naramdaman na may luha pala ako.

**"W-wala to... Napuwing lang ako."** Palusot ko at pinunasan ang luha ko.

**"Lumang palusot na yan."** Sabi nya. **"...Tungkol ba kay Papa mo?"**

Umiling ako. **"Hindi... Basta ibang bagay."**

**"Okay... If you don't want to talk about it. Fine. I won't force you."**

Akala ko aalis na sya pero nanatili syang nakatayo sa tabi ko at pinagmasdan din yung mga kasama naming patuloy sa pagkukulitan.

Sa totoo lang naguguluhan pa rin ako. Kaya kahit labag sa loob ko....

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya. **"...panu kung may pagkakataon ka ng makuha yung matagal mo ng gusto, pero ang kapalit naman nun yung meron ka ngayon. Would you still grab the chance?"**

**"It depends..."** Mabilis nyang sagot. **"...if that thing that i want is worth it, why not?"**

*Worth it?*

**"...but..."** Pagpapatuloy nya. **"...if the things that i have is much more worth it, i would not."**

*Much more worth it!*

Natahimik ako at napatingin kila Ci-N. Sino nga bang mas worth it sa kanila?

Yung mga kasama kong higit pa sa kaibigan at kaklase ang turing ko.

'O

Yung Papa ko na matagal ko ng gustong makasama.

*Worth it?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 115

**Author's Note:** Eto muna, before christmas meron na. Mga Dec. 23 or 24... Pasinsya na!

**Christmas War**

***Jay-jay's POV***

Malapit na ang pasko. Ang lamig ng simoy ng hangin. Parang lovelife ko lang.

Hindi ako bitter o anu. Naisipan ko lang talagang ikumpara yung lamig ng hangin.

Pero sa totoo lang, hindi ko maramdaman yung lamig na yun. Siguro kasi dahil sa pawis ko at sa bilis ng tibok ng puso ko.

Ikaw ba naman ang makipaghabulan, tignan ko kung hindi ka pagpawisan.

**"Anu?! Kala mo kaya mo kaming lahat?!"** Mayabang na sabi sakin ng pinuno ata nila.

Sinong sila? Yung mga lalaking bigla nalang akong hinarang sa kanto namin. Akala ko magtatanung lang sila pero hinawakan nila ko.

Natakot ako bigla, akala ko kasi mauulit yung kay Ram dati. Napilitan akong lumaban at ng makakuha ng pagkakataon mabilis akong tumakbo.

Yun nga lang na-corner nila ko sa isang eskenita. Lumaban pa rin ako, sa abo't ng makakaya ko.

*Tatlo na!*

Tatlo na yung napabagsak ko pero ang sakit na ng kamao ko. Ngayon ko lang napatunayan na ang tagal ko na palang hindi nakikipag-away.

Mabilis ng kumikirot yung kamao ko kapag nanununtok ako. Hindi ko alam kung kakayanin ko pa. Pagod na yung katawan ko at ang dami nila.

*Asar!*

**"Sumama ka nalang samin... Hindi ka naman namin sasaktan. Tatanungin ka lang namin tungkol kay Keifer."** Mapang-asar na sabi nung isa.

*Eto na naman po tayo!*

Ganyang ganyan din yung kay Ram. Jusme! Wala akong balak ulutin yung pang-yayari na yun. Matinding troma ang naranasan ko dun.

**"Ayoko!"** Sigaw ko.

**"Matigas ang ulo mo! Ha?!"** sabi nung isa at bigla nalang nanguha ng tubo sa kung saan.

*Shit!*

Never pa kong nakipag-away ng may tubo. Anong laban ko dyan? Tang'na! Katapusan ko na ata.

**"Miss... Tara na."** Mahinahon na sabi nung isa sa kanila.

Unti-unti kong binaba yung kamao ko na kanina pa naka-porma sa harap ko. Bahagyang lumapit sakin yung huling nagsalita sa pagkaka-akalang sumuko na ko.

Pero agad ko syang sinapa sa muka. Bagsak at dumudugo na ang ilong nya.

*Apat na!*

**"Tang'na!"** Sigaw nung isa pa sa kanila.

Bigla nalang sumugod yung may tubo at hinataw yun pahampas sakin. Agad akong umiwas at ng makakuha ng pagkakataon, sinikmuraan ko sya.

Bagsak at wala syang tigil sa pag-ubo.

*Lima na!*

Hindi ko alam kung kakayanin ko pa. Oo, nakikipag-away ako sa mga lalaki dati pero hangang tatlo lang ang kaya kong harapin.

Ngayon lang ako lumaban sa mahigit  sa tatlo.

Lahat sila nakatingin sa mga kasama nila na kung hindi nakaluhod sa sahig ay nakahiga naman at hirap tumayo.

Naririnig ko yung phone ko sa bag. Malamang hinahanap na ko nila Ci-N. Ngayon ang christmas party namin sa resto nila Eman.

Yun ang dahilan kaya nasa kanto ako at nag-aabang ng masasakyan.

**"Babae ka lang pero napabagsak mo sila!"** Inis na sabi nung leader ata nila.

**"Pagtulungan na natin!"** Sabi nung isa at bigla nalang sumugod sakin.

Sumunggab ako ng suntok pero naka-iwas sya. *Lagot na!* Bumawi sya at agad akong sinikmuraan. *Pvta!*

Napaluhod ako sa sakit. Sisipain pa sana nya ko pero nakuha ko yung tubong ihahampas sana sakin ng kasama nila kanina.

Pinatamaan ko sa sya sa----*anu*----basta yun. Bumagsak sya at namalipit sa sakit.

**"Kala mo ah..."** Bulong ko.

Ginamit kong tukod yung tubo para makatayo. Tinignan ko silang lahat.

*Anim na!*

Bakit ganun? Parang hindi sila nababawasan. Parang lalu pa silang nadagdagan.

Narinig ko na naman yung cellphone ko. Bukod sa text sunod-sunod din ang tawag.

*Asar!*

Kung pwede ko lang sagutin yung tawag, kanina ko pa ginawa para nakahingi na ko ng tulong.

**"Del... Panu na yung plano nating makaganti kay Keifer? Ni hindi nga natin malapitan tong babae na to!"** Dinig kong sabi nung isa.

*Anu nga ulit? Paki-ulit! Anong gaganti?! Bakit ako gagamitin nila?!*

**"Gaganti kayo kay Keifer?! Eh bakit ako gagamitin nyo?!"** Inis na tanung ko.

**"Anong klaseng tanung yan?! Malamang ikaw ang girlfriend nya, kaya ikaw ang gagamitin namin!"**

*Girlfriend?!*

**"Sinong tanga nagsabi sa inyo na ako girlfriend nya?!"**

Tumingin sila sa kasama nilang nasa dulo. Bahagya syang lumapit at nagkakamot ang ulong humarap sa leader nila.

**"N-nakita ko silang naghahalikan nung halloween party."** Paliwanag nya.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Hanu ba yan?!

**"Inutil ka! Basta nag-kiss magsyota na?! Hindi pwedeng kasi gusto lang?!"** Inis na inis na tanung ko sa kanya.

Nabatukan nalang nila yung kasama nila ng malakas.

**"Hindi kayo, pero lagi kayong magkasama! At nagkiss pa kayo! Edi mahalaga ka sa kanya!"** Biglang sabi nung isa sa kanila.

Napangiwi ako ng di-oras. Napaka! Ay naku! Grr!

**"Tsaka na pag-isipan yan! Andito na sya edi sya na gamitin natin!"** Sigaw nung leader nila.

Bigla nalang sumugod yung tatlo sakin. Hinampas ko agad ng tubo yung isa sa kanila pero sinuntok ako sa muka nung isa.

*Putik! Sa muka talaga?!*

Sa inis ko! Pinaghahampas ko sya ng tubo, nawala sa isip ko yung isa. Huli na para lingunin ko at labanan ko sya meron syang inihampas na matigas na bagay sa likod ko dahilan para manlambot ako at bumagsak sa sahig.

**"Tang'na! Pinahirapan mo kami!"**

Ang sakit! Sobra! Napapamura nalang ako! Pinilit kong tumayo pero sinipa ako ng isa kanila.

Narinig ko tawanan nilang lahat.

*Pakshit!*

Tinignan ko ng masama yung walang hiyang sumipa sakin. Yung leader pa nilang hunghang.

Ngumiti pa sya sakin. **"Akala mo makakatagal ka?!"**

Bigla nalang syang bumwelo ng sipa sa muka ko. Napapikit nalang ako sa takot.

*Masakit?!*

Dapat masakit! Dapat nasaktan na ko. Pero wala, wala akong naramdaman kahit dampi ng hangin.

Unti-unti kong dinilat ang mata ko. Bumungad sakin yung maruming sapatos nung leader nila. Naka-hinto lang yun at parang hindi sya gumagalaw.

Bahagya kong tinaas ang tingin ko. May binti na naka-abang sa muka nung leader nila. Pero kaninong binti?

Nakatalikod sya sakin kaya hindi ko makita. Nakasuot din sya ng santa claus costume.

**"Try to touch her face with your dirty shoes! I will cut your legs off for hurting my wife!"** Banta ni... Keifer?

*My wife?!*

Napataas ang isang kilay ko. Pinapahamak nya ko sa ginagawa nya!

Binaba nung lalaki yung paa nyang nakaamba sa muka ko kaya ganun na rin yung ginawa ni Keifer.

**"Sabi sa inyo sila eh."** Dinig kong sabi nung isa.

Bigla nalang umikot si Keifer. Ang bilis ng pangyayari. Pag-ikot nya, pinatamaan nya ng sipa yung leader ng mga luko sa muka.

*Knock out!*

Nanlaki nalang yung mata ko sa gulat. Akala ko hindi na nya itutuloy yung banta nya.

**"Here i am now! You want me right?!"** Hamon ni Keifer sa kanila.

Narinig ko na naman yung phone ko. Agad kong kinuha yung bag ko para sagutin yung tawag.

Hindi ako nagkamali. Si Ci-N nga yung tumatawag sakin.

**"Ci---"**

**["*Please tell me na kailangan mo yung tulong namin!*"]** Putol nya sa sasabihin ko.

**"Ci-N! Andi----"**

**["*Jay! Andito lang kami para sayo! Handa kaming tulungan ka!*"]**

**"Pakinggan mo----"**

**["*Wag kang ganyan Jay! Anu ba?! Ginagawa mo kaming others!*"]**

*Tengene!*

**"Ci-N! Kailangan ko tulong nyo! Pero panu ko sasabihin yun kung ayaw mo kong pagsalitain?!!"** Sigaw ko.

Sandaling tumingin sakin si Keifer.

**["*Ay! Hehe sorry!*"]** Sabi nya at pinatay ang tawag.

Tinignan ko ng masama yung cellphone ko. Nakaka-gago kasi tong si----

**"Andito na kami!"** Sigaw ni...Ci-N?

Bigla nalang syang nag-landing sa harap ko galing sa kung saan. Naka-costume pa sya ng elf ni Santa. Kasunod nya si David, Felix at Calix na normal naman ang suot.

Mula naman sa likod nitong mga lokong kanina ko pa kinakabalaban. Natatanaw ko sila Blaster, Josh, Calix at....Yuri.

Inalalayan ako ni David sa pagtayo.

**"Anong masakit sayo?"** Tanung nya sakin.

**"B-buong katawan..."** Pabulong kong sagot.

**"Bakit naman nauna kapang nagki-party?!"** Tanung ni Ci-N habang nakatingin sa mga pinabagsak ko kanina.

*Party?!*

**"Edi humabol tayo! Problema ba yun?!"** Mayabang na sabi ni Felix habang pinapatunog ang kamao.

Napatingin ako sa mga kakalabanin nila. Halatang natatakot pero pilit tinatago.

**"Sulitin na natin tong christmas party na to?!"** Sigaw ni Keifer at sabay sabay silang sumugod.

Naiwan akong nakasandal sa pader at nanunuod lang sa ginagawa nila. Kasi naman, napaka-gandang pamasko nito.

Pero hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. Akala ko kasi dati, wala ng dadating para tulungan ako sa mga ganitong pagkakataon.

Idagdag pa yung itsura ni Keifer. Naka-costume pa rin habang nakikipag-away. Hindi ko maintindihan kung bakit ganyan ang suot nya.

Si Ci-N gets ko talaga. Bata eh, tsaka nasa personality naman kasi nya yung mga ganyan pero itong Hari ng mga Ulupong---*nakakapanibago!*

Pero mukang hindi lang sya yung naka-elf costume. Pati pala si Yuri ganun din yung suot.

*Anong meron?!*

Bakit ba mga nakaganyan sila?!

Natapos ang suntukan. Si Keifer ang unang lumapit sakin.

**"Why you didn't call us immediately?!"** Inis na sabi nya sakin.

**"Makakatawag ba ko kung nakikipag-away ako?!"**

**"Tss."**

Lalakad na sana sya paalis ng meron akong naalala.

**"Thank you Mr. Santa Claus!"**

Napatingin sya sakin at sa suot nya.

**"Oh crap!"** Sabi nya at hinubad yung pang-itaas habang naglalakad palayo.

*Napanu yun?*

**"Hahaha... Nakalimutan nyang naka-costume pa rin sya bago sumugod dito. Hahahaha..."** Sabi ni Ci-N habang patuloy sa pagtawa.

Kaya pala ganun ang reaksyon nya.
Pati ako natawa na rin. Pero meron lang akong pinagtataka.

Panu nila nalaman na andito ako?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 116

**Christmas Party**

***Jay-jay's POV***

" ***...I saw Mommy kissing Santa Claus... Underneath the mistletoe last night...*** "

Hindi ko alam kung anung iindahin ko. Yung sakit ng katawan ko o yung sakit ng tenga ko.

Alam ko namang plakda yung boses ko kaya hindi ako kumakanta pero itong bata na to, hindi ata aware na parang niyuyuping yero yung boses nya.

"*Ang galing mo Ci-N!*"

"*Idol!*"

"*Sige lang Ci!*"

Pagchi-cheer ng mga luko kay Ci-N. Obvious naman na kinukunsinti lang nila tong isa.

Sumasakit na yung ulo ko sa pangit ng boses nya. Grabe na kung grabe! Pero kingina kasi. Napatakip nalang ako ng tenga.

*Bakit ba kasi may videoke pa?*

May nagbaba ng pagkain sa harap ko. Bahagya kong tinaas ang ulo ko para makita kung sino yun.

**"Merry Christmas..."** Bati sakin ni David sabay tulak ng plato ng pagkain.

**"Merry Christmas din..."** Balik kong bati sa kanya.

Kumuha ako ng pagkain sa binigay nya. Kahit masakit ang katawan ko, gusto ko pa ring ma-enjoy tong party na to.

**"Ready mo naba yung regalo mo?"** Tanung sakin ni David.

Nag-nod naman ako. Meron kasi kaming munito-munita. Dahil ako lang ang babae, nagkagulo sila.

Hindi kasi pangalan ang nilagay namin sa papel na bubunutin. Code name lang tapos bahala na kami kung ano ireregalo basta pasok sa theme.

*Something Naughty daw.*

Feeling ko kamanyakan lang yung something naughty na yun. Nakisama nalang ako kesa naman masira yung Party nila.

Hindi nga lang ako sure kung sino yung nabunot ko. Basta alam ko lalaki, kasi nga ako lang yung babae.

Sino kaya tong *Bluetooth* na to? Magpapangalan nalang muka'n tanga pa. Kung sino man to, maganda regalo ko sa kanya. Something naughty talaga!

**"Maraming salamat sa performance ni Ci-N!"** Biglang sabi ni Rory sa mic kaya nagtinginan kami sa kanya.

Nagpalakpakan ang mga luko at may kasama pang sipol.

**"Simulan na natin ang party!"** Sigaw ni Rory.

Sinundan na naman ng hiyawan ng mga luko. Gustohin ko mang makisigaw, ayaw makisama ng katawan ko. Bakit ba kasi ngayon pa nila ko naisipang abangan sa kanto?

**"Simulan natin sa palaro! At syempre ang mananalo ay may katumbas na price!"** Paliwanag ni Rory at luminga sa paligid. **"...asan si Santa na magbibigay ng premyo?"**

Speaking of Santa, ayun at may hawak na bote ng alak. Kasama pa nya si Yuri na wala rin tigil sa pagtungga ng alak.

Napilitang tumayo si Keifer at lumapit kay Rory. Hawak pa nya yung isang bote ng alak sa kamay nya.

**"Okay okay... Ready na lahat! Simulan natin sa Stop Dance na my twist!"**

*Anu daw?!*

**"...Lahat kasali! Maliban kay Jay-jay at Mica!"** Dagdag ni Rory dahilan para madami ang magreklamo.

"*Ang daya naman nun!*"

"*Bakit ganun?*"

"*Di na ko sasali!*"

Bigla nalang inagaw ni Keifer yung mic kay Rory.

**"Kung bugbugin ko kaya kayo para hindi rin kayo makapaglaro?!"** Banta nya sa mga luko.

Agad silang natahimik. Nawala ata sa isip nila na nakipag-away ako kanina. Binalik na nya yung mic kay Rory.

**"Okay... Dahil hindi kasama si Jay-jay at Mica, pati na rin si Keifer at Yuri at syempre ako. Kulang pala tayo ng isa."** Biglang sabi ni Rory habang nagbibilang sa daliri.

Mukang mapipilitan talaga akong makipaglaro. 18 kaming lahat kung isasama si Mica na kasalukuyang naka-upo sa tabi ni Calix. Mas gusto daw nya kasing umattend ng christmas party namin kesa ng school.

Lima ang aalisin kaya naman, 13 nalang silang matitira. Kailangan pa ng isa para lang masakto yung bilangan.

**"Okay lang ba Mica kung sasali ka sa laro?"** Tanung nila kay Mica.

Sandali syang tumingin kay Calix at sakin. Nahihiya tuloy ako sa kanya. Ako dapat yung kasali sa laro eh.

**"Ako nalang."**

**"I'll do it."**

Sabay na sabi ni Yuri at Keifer. Pare-pareho kaming nagtinginan. Ang weird kasi ng dating ng pagvolunteer nila.

**"So, sino yung maglalaro?"** Awkward na tanung ni Rory sa dalawa.

Nagtitigan si Yuri at Kiefer. Para silang nag-uusap gamit lang ang tingin hangang sa umiwas ng tingin si Yuri at uminom ng alak.

Lumakad si Keifer sa gitna at mukang sya yung maglalaro.

**"Okay na! Sakto na ang bilang! Simulan na natin!"** Sabi ni Rory at nagpalakpakan kami. Agad na pumwesto ang mga luko sa gitna. **"...Ganito ang twist. Kapag sinabing stop, dapat naka-pose na kayo at syempre walang gagalaw. Pero ang magiging pose nyo ay babase sa sasabihin ko."**

*Ha?! Parang ang komplikado ata nito.*

**"...Kapag sinabi kong '*Animal Pose*', kailangan mag-Pose kayo ng parang hayop at hindi gagalaw."**

*Naku! Patay! Yung Hari ng mga ulupong!*

**"Game!"** Sigaw ni Rory at nagsimula ang music.

Hindi ko namalayan na lumapit na pala sakin si Mica. Napansin ko nalang sya paglingon ko sa pwesto kanina ni David.

**"Kamusta? Nakipag-away ka daw?"** Tanung nya sakin.

**"Oo eh... Ikaw kamusta?"** Balik kong tanung sa kanya.

**"Ayos lang din..."** Sagot nya sabay ngiti sakin.

Matutuwa ako para sa kanila. Ang dami na rin nilang pinagdaanan ni Calix. Sana nga lang wag na maulit yung naging away nila. Baka magpatiwakal na tong si Calix.

Sandali kaming tumingin ni Mica sa mga Ulupong na parang mga nakawala sa koral magsayaw.

**"Supermodel Pose and.... And..."** Sabi ni Rory. **"...STOP!"**

Kanya-kanya ng pose ang mga luko. May facial expression pang kasama. Natawa pa kami kay Edrix, na naglabas pa ng tyan feeling my abs. Si Ci-N hindi papatalo, kagat labi pa ang luko habang pupungay-pungay ang mata.

Pero napako ang tingin ko kay Keifer. Nakatingin kasi sya sakin. Nakatayo lang sya at parang poste sa kinalalagyan nya.

**"May something ba kayo ni Keifer?"** Biglang tanung ni Mica dahilan para mapatingin ako sa kanya.

**"Huh?!"**

**"Hindi na dapat ako maki-intriga sa inyo. Kayalang kasi..."** Napakagat sya sa ibabang labi nya. **"...Minsan naming napag-usapan ni Calix na may kakaiba sa inyo ni Keifer."**

**"P-panu bang kakaiba? Eh lagi nga kaming nag-aaway nyan."** Dipensa ko.

Muling bumalik ang malakas na music at nagsasayaw na naman ang mga luko.

**"Pero may gusto kaba sa kanya?"** Diretsong tanung ni Mica.

Bigla nalang nag-init ang pisngi ko. Jusme! Kakaiba din kasi mga tanungan nitong si Mica.

**"W-wala ah!"** Mabilis kong sagot.

Bahagyang tumawa si Mica. Hindi na ulit sya nagtanung. Mainam naman yun. Hindi ako komportableng pag-usapan yang like like na yan.

Natapos ang unang palaro at nagutom ang mga luko. Kakain daw muna sila at maglalaro ulit. Pagkatapos ay ang bigayan na ng regalo.

*Excited ako sa matatanggap ko.*

As usual, si Eman ang nagluto ng kakainin namin. Nagpatulong daw sya sa Daddy nya.

Pinilit kong makatayo para kumuha ng pagkain. Baka ubusan ako ng mga luko kung maghihintay pa ko ng kukuha para sakin.

Habang nakapila, nakita ko si Yuri na pinaglalaruan yung bote ng alak sa kamay nya. Halatang malalim yung iniisip.

Kumuha ko ng pagkain para saming dalawa. Obvious naman kasi na wala syang balak kumuha ng pagkain nya.

Pagkakuha, agad akong lumapit sa pwesto nya at naupo sa tapat nya. Wala syang reaksyon pero nakatingin sya sakin.

**"Kain na..."** Sabi ko habang tinutulak yung plato palapit sa kanya.

Tinignan lang nya yung pagkain at tumungga na naman ng alak. Hindi ako sanay ng ganito sya.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya. **"...Bakit ba ang tahimik mo? May problema kaba?"**

Hindi sya sumagot. Nagpatuloy lang sya sa ginagawa. Honestly, nag-uumpisa na kong mainis sa ginagawa nya.

Ayoko sanang pag-usapan to pero kailangan eh.

**"Maganda yung singsing..."** Sabi ko ng hindi nakatingin sa kanya.

Hinintay ko kung magsasalita sya pero hindi sya kumikibo, hindi rin sya gumagalaw.

Tinignan ko ulit sya ng maayos, nakahinto nga sya at nakatitig sakin. Seryosong seryoso at parang may iniisip.

Kinaway ko yung kamay ko sa harap ng muka nya. Sandali syang kumurap kaya tumigil din ako.

**"D-do you like it?"** Halos pabulong nyang tanung.

**"Oo... Sukat sakin. S-salamat."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti. **"...Bakit mo nga pala ako binigyan nun?"**

**"Aayain sana kita magpakasal."** Mabilis nyang sagot dahilan para masamid ako.

**"*_Ubo_**_Ubo_*... A-anu?!"**

Bigla nalang syang tumawa. Sandali syang umalis at kumuha ng bottled water. Binuksan nya yun at inabot sakin.

**"Joke lang... Ang seryoso mo kasi."** Sabi nya.

**"Seryoso nga kasi ako! Para saan nga yun?!"**

Umiwas sya ng tingin. Hinarap ang boteng kanina nya pa pinaglalaruan sa kamay tapos titingin sa mga kasama namin na nag-aasaran at nagkakasiyahan.

**"I'll tell you later."** Mabilis nyang sabi.

Bubuka palang sana ang bibig ko para magsalita pero agad syang tumayo at pinuntahan sila Felix na busy sa pagkain at asaran.

*Medyo bastos ah..*

Kinakabahan ako. Kakaiba sa pakiramdam yung sinabi ni Yuri at bakit kailangan ko pang antayin ang mamaya kung pwede naman na ngayon na.

Hinarap ko nalang ulit yung pagkain ko at sa hindi ko maintindihan na dahilan, napatingin ako bigla kay Keifer.

Nakatingin din sya sakin pero parang nangungusap yung mga mata nya.

*Anu bang problema nitong dalawa na to?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 117

**Christmas Party 2.0**

***Jay-jay's POV***

NAWAWALA!!

Ngayon pa talaga! Bakit ngayon pa kailangang mawala? Panu na?

Nawawala yung roasted chicken! Sinong animal naman kaya ang kukuha nun, habang busy kami.

Napaka-takaw nya, isang buong manok yun!

**"Roll call nga!"** Sigaw ni Eman na halatang naiinis na.

**"Sigaw nyo pangalan nyo... Yung wala, malamang syang may pakana!"** Sabi ni Rory.

**"Jay-jay!"** Sigaw ko sa pangalan ko.

**"Eman!"**

**"Rory!"** Sigaw ni Rory habang nakataas pa ang kamay.

**"Edrix!"**

**"Tss!"** Sabi ng Hari ng mga ulupong.

*Kelan pa naging 'tss' ang pangalan nya?*

Hindi nalang namin pinansin yun at nagpatuloy sa roll call.

**"David..."** Bored na sabi ni David.

**"Denzel."**

**"Yuri!"**

**"..."** Sabi ni Josh na hindi namin narinig. **"..Josh!"** Pag-uulit nya.

**"Blaaaaster!"** Sigaw ni Blaster at may mwestra pa ng pagsabog.

**"Calix the pogi with my Mica baby!"**

Napangiwi ako sa sinabi nya. Kailangan pa ba yun?

**"Felix the cat!"**

*Bakit nadudugtungan ang pangalan?*

**"The Amazing Eren!"**

**"Kit makulit!"**

*Aba!*

**"Drew! Barrymore... Hahahaha.."**

**"Mayo! Junyo! Julyo! Agusto!"**

*Setyembre! Oktubre----anu ba yan?*

Muntik na kong mapakanta. Bwisit kasi tong mga to. Dugtungan daw ba mga pangalan. Pero meron akong hindi narinig sa Roll Call.

**"Asan si Ci-N?!"** Tanung ko habang tinitignan sila isa-isa.

Pare-pareho silang tumingin sa paligid. Nawawala nga ata talaga ang luko.

Wala sya! Wala ang roasted chicken!

**"SI CI-N ANG KUMUHA?!"** Sabay sabay na sigaw ng mga luko.

Agad silang nagtakbuhan para hanapin si Ci-N. Merong dumiretso sa kusina, meron tumakbo sa cr at merong lumabas ng resto at dumiretso sa parking.

Pero pare-pareho silang bumalik na bigo sa paghahanap.

*Saan naman*----**"ARAY!"**

May kung anung tumama sa binti ko habang nakatayo. Agad kong tinignan yun na nasa sahig na ngayon. Hindi malinaw sakin kaya kinuha ko na rin para makita ng maayos.

*Buto ng manok?!*

**"Anu yan?"** Tanung sakin ni Eman.

Hinarap ko sa kanya yung nakita ko. Pareho pa kaming nagtinginan at mukang iisa lang kami ng nasa isip.

Agad naming hinawakan ang mantel ng lamesa, sabay pa kami ng paghawi sa dun pataas. *Bwala!* Bumungad samin ang kumakain na Ci-N sa ilalim ng lamesa.

*Sya nga ang kumuha!*

Sabay pa namin syang dinampot sa braso at hinatak paalis ng ilalim ng table. Namumulaan pa ang bibig nya sa pagkain.

**"Bakit mo sinosolo yang manok?!"** Inis na tanung ni Eman.

**"Hhmmm... Hmmm..."** Sabi ni Ci-N habang punong puno ang bibig.

**"Ay naku Ci! Nagdamot factor ka na naman!"** Sabi ko bago sya bitawan.

Masama na ang tingin sa kanya ng mga kapwa nya ulupong. Kasalanan naman kasi nya, tama bang itakas yung manok at kainin nya mag-isa.

**"Please tell us na hindi lang isa ang niluto mo."** Sabi ni David kay Eman.

Pumasok si Eman sa kusina. Binalikan ko ng tingin si Ci-N. Nalunok na nya yung kaninang nginuya nya at nagawa pang ngumiti sakin.

*May tinga pa!*

Lumabas si Eman kasunod ng dalawang crew at may hawak silang apat na buong manok.

*Nice! Nice!*

"*Ayos yan!*"

"*Kainan na ulit!*"

"*Tara! Tara!*"

Halos sabay sabay pa silang nagpalakpakan sa tuwa. Akmang lalapit si Ci-N pero hinarangan ko na sya.

**"Nakakain kana diba?"**

**"Itsa pa... Please!"** Pakiusap nya habang naka-pout.

Napangiwi ako. Hinayaan ko syang umalis at bahala na yung mga kapwa nya ulupong na humarang sa kanya.

**"Bilisan nyo ang pagkain at magpe-perform para sa atin si Yuri!"** Announce ni Rory.

Napatingin ako kay Yuri na kasalukuyang nasa harap at inaayos ang gitara. Wala kasi akong maalala na pinag-usapan namin na magperform sya.

*Baka biglaan lang.*

Bumalik ako sa pwesto kanina kung saan kasama ko si Mica. Andito na rin si Calix at nagsusubuan pa sila.

Baka langgamin naman tong dalawa na to.

**"Anu palang ineregalo mo sa nabunot mo?"** Biglang tanung sakin ni Calix.

*Hehehe secret!*

**"Ayoko sabihin... Baka ikaw pala yun, edi nasira na yung surprise."**

Bahagyang tumawa si Mica. Hindi nga pala sya kasali sa regaluhan na yan. Late na kasi sinabi samin ni Calix na samin daw makiki-celebrate tong gf nya.

Bigla nalang lumapit samin si Ci-N. Naka-pout at maluha-luha ang mata.

**"Inaway nila ko..."** Sumbong nya, sabay turo kila Mayo.

**"Bakit?"**

**"Ayaw nila kong bigyan...** **Sniff**...**"** Sabi nya at kuwari pang suminghot.

Natawa nalang si Mica at Calix sa kanya. Kasalanan naman kasi nya. Ayan tuloy, hindi na sya makahingi.

**"Ikukuha nalang kita."** Presinta ni Mica at tumayo.

**"Nice..."** Sabi ni Ci sabay suntok sa hangin.

Tignan mo tong tao na to. Wala talaga akong masabi. Basta pagkain, gagawin lahat. Speaking of pagkain, kanina ko pa napapansin si Kit.

Para syang walang gana. Hindi rin nababawasan yung pagkaing kanina nya pa kaharap. Tapos bigla kong naalala yung picture sa phone ni Eren.

*Mygudness!*

Lumapit ako sa kanya at naupo sa katapat nya. Tinignan nya ko at ngumiti.

**"Kamusta? Bakit nag-iisa ka?"** Tanung ko.

**"Wala naman... Nakakapagod lang maki-gulo sa kanila."** Naka-ngiti nyang sagot.

**"Sure? Walang problema? Sakit?"**

**"I'm sure. No problem. I'm not sick."** Sunod-sunod nyang sagot sa mga tanung ko.

Nag-nod lang ako bilang pagtanggap sa sinabi nya. Dumaan sa harap namin si Mayo at nginitian ako. Ako lang, hindi nya tinignan si Kit.

*Ay teka....*

**"Dito ka nalang Mayo."** Aya ko sa kanya at tinuro yung katabi kong bangko.

Mabilis syang umiling. **"Dun na ko eh..."** Sabay turo sa table nila Josh.

**"Dito na..."** Pagpipilit ko.

Halatang naiilang at ayaw nya pero napilitan syang umupo sa bangkong tinuro ko. Nilapag nya yung platong hawak nya sa lamesa.

Nangibabaw agad yung awkward. Para bang sumingaw yun sa katawan nilang dalawa at nag-umpisang lumibot samin.

Mali ata tong ginawa ko. Sa kagustuhan kong mapatunayan kung may gap nga sila, eto na yung napala ko.

Sa pagkain nakatingin si Kit. Pinagmasdan ko lang silang dalawa. Nag-umpisa ng kumain si Mayo at ganun din si Kit. Panay ang nakawan nila ng tingin na hindi naman nagtatagpo.

*Yung tataa?!*

**"Nag-away ba kayong dalawa?"** Biglang tanung ko.

Sabay pa silang tumingin sakin.

**"H-hindi..."**

**"B-bakit naman?"**

Halos sabay nilang sabi. Nagtanung pa talaga. Naku! Kung alam ko lang.

**"Hindi kayo nagpapansinan."** Sabi ko sa kanila.

**"A-anu kaba? Ganyan talaga kami... Diba?"** Sabi ni Mayo habang nakangiti at humarap kay Kit.

Nagpilit naman ng ngiti tong isa at hindi maintindihan kung haharap ba sakin o kay Mayo.

**"O-oo.. totoo yun. Ganyan lang talaga kami."** Sabi ni Kit.

Napangiwi ako. Obvious na obvious naman kasi yung ginagawa nila.

**"Ang plastic nyo, no?"** Sabi ko at agad na umalis palayo sa kanila.

Naiintriga man ako sa kanilang dalawa at kating kati na malaman kung anu ba talaga yung ibig sabihin nung nasa picture, pinili ko nalang umalis.

Nakakabanas kasi yung mga pagmumuka nila.

Sa totoo lang, mabigat pa rin yung katawan ko pero nawawala na din sa isip ko dahil napupunta yung atensyon ko sa party na to.

Napatingin ako kay Ci-N na nagbubulate dance na naman. Tinuturuan nya pa si Eren at Blaster.

Nilipat ko naman yung tingin ko kay David at Eman na inaayos yung pagkakahilera ng pagkain.

Si Calix at Mica na walang tigil sa ka-sweetan. Si Josh na nakatingin sa kawalan, parang meron syang ibang tinitignan.

*Naku! Alam na!*

Si Edrix na nakikipag-tawanan kay Rory at Denzel. Si Kit at Mayo na hindi pa rin nag-uusap. Si Felix at Drew na namimili ng music.

Si Yuri na nag-aayos ng instrument nya.

*At....*

Yung Hari ng mga ulupong na nakatingin sakin.

Sandali akong huminto at nag-isip. Eto ba yung ipagpapalit ko para kay Papa? Worth it nga ba na iwan sila?

Bigla nalang nag-iba yung music. Mukang pinalitan nung dalawa. Agad na lumapit sakin si Ci-N at hinawakan ako sa kamay.

**"Tara! Sayaw tayo!"** Aya nya sakin.

**"T-teka Ci!"**

*Tengene!* Nawala ata sa isip nya na masakit pa rin yung katawan ko. Huminto kami sa gitna kung nasan yung iba.

Nag-sasayaw na rin sila. Hangang sa napansin ko nalang na nakabilog na sila sakin at biglang....

**" *...Bubuka ang bubulaklak, papasok ang reyna! Sasayaw ng chacha! Ang saya-saya! ..* "**

Napailing nalang ako sa kalokohan ng mga to. Magkakahawak pa sila ng kamay at tuwang-tuwa sa ginagawa nila.

**"Sayaw na Jay!"** Sigaw sakin ni Denzel.

Kahit mukang tanga, sumayaw nalang ako ng parang bata. Ramdam ko kung kirot sa bawat kilos ko pero nangingibabaw yung kasiyahan ko.

Malakas na palakpakan at tawanan ang binigay sakin ng mga ulupong.

"*Hahaha.. nice Jay!*"

"*Galing sasayaw!*"

"*Si Jay-jay na talaga!*"

**"Mga impakto kayo!"** Sigaw ko sa kanila.

**"Tuloy ang sayawan!"** Sigaw ni Ci-N at bigla nalang lumakas ang music.

Parang mga nasa wild party ang mga luko. Talunan ng talunan at merong pang naniniko. Pati si Mica at Calix nakikisayaw na rin.

Pilit kong umalis sa kumpulan nila. Hindi pa man din kasi ako nagtatagal, sumasakit na yung katawan ko.

**"Anu? Kaya pa?!"** Nakangiting tanung sakin ni David.

**"Tse!"** Pagsusungit ko sa kanya.

Bahagya syang tumawa. Bigla nalang syang may inabot sakin na maliit na box na may ribbon. Mas malaki sa binigay ni Yuri.

**"Merry christmas..."** Sabi nya at ngumiti.

Tatanungin ko pa lang sana sya pero bigla nalang syang lumakad palayo sakin.

*Ganto ba talaga sila? Pagkabigay ng regalo, aalis?*

Binuksan ko yung box. *Letter J.* Silver na J na may diamond na maliit sa gitna. Akala ko bracelet kasi itim yung  pinaka-sinasabitan nung J pero kwintas pala.

Aksidente kong nabitawan yung takip ng box. Binaba ko muna sa table yung hawak ko at kinuha yung takip. Napatigil ako ng may mapansin akong symbol.

Hindi ako sure pero parang tinidor yung symbol----*ay! Yung hawak hawak ni Poseidon! Trident!*

Tama! Tama! Nakita ko na dati sa Tv to. Pinagmasdan kong mabuti at may nakalagay na *From* sa taas nung symbol.

*Hm?! Galing kay Poseidon to?!*

Kinuha ko yung box at kwintas, hinanap ko si David at agad na lumapit sa kanya.

**"Salamat dito!"** Bungad ko sa kanya.

**"Don't thank me... Hindi galing sakin yan, pinabigay lang."** Sagot nya sakin sabay kindat.

*Huh?!*

Sino naman ang magbibigay sakin nito? Yung may symbol ni Poseidon? Baka naman si Poseidon talaga? May kilala ba kong poseidon?

Kesa isipin ng isipin kung sino nagbigay nito. Hinayaan ko nalang, nilagay ko nalang sa bag ko yung box at nakisaya ulit sa mga luko.

*Gusto kong sulitin ang pagkakataon na to!*

Hindi na kasi mauulit to...

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 118

**Christmas Part 3.0**

***David's POV***

**["*Naibigay mo?*"]** He ask me.

I walk outside before i answer his question. Mahirap na baka may makarinig samin. Andito pa naman si Keifer at mga tao nya.

Ng makalayo ng bahagya dun pa lang ako nagsalita.

**"Yeah... Yun nga lang wala syang clue na galing sayo yun."**

**["*It's okay... It's better be that way. Kapag na-realize nya agad, baka malaman pa nila Keifer.*"]**

I release a heavy sigh. **"Bakit ba ayaw mo pang magpakita sa kanya?"**

He sigh as well. **["*I have my reason, David. When everything is settled babalikan ko sya. I'll get her back from those scumbags. But right now... Please do me a favor.*"]**

**"Anything."**

**["*Keep Jay-jay safe for me.*"]**

**"I will..."** Mabilis kong sagot and he ended the call.

I turn around facing the entrance door of the resto. From here i can see Jay-jay clearly. She look so happy, even though she can't move properly.

Napaka-tapang nyang harapin yung mga lalaki kanina. Nag-iisa lang sya pero nagawa nyang magpabagsak ng higit sa lima.

*She's no ordinary.*

I walk back inside. Kailangan kong gawin ang paki-usap nya. Ang paki-usap ni Percy.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Ang sarap ng fruit salad. Nanay daw ni Felix ang may gawa at nagbigay samin.

Naalala ko tuloy si Dalia at syempre si Percy. Saan kaya sya ngayon at anu kaya talaga yung ginagawa nya?

*Hay...*

**"Ready naba kayo guys?"** Tanung ni Rory samin habang naka-mic.

**"Yeah!!"** Halos sabay-sabay naming sigaw habang nagpapalakpakan.

**"Alright! Here is Yuri Hanamitchi of Section E..."**

Nagpalakpakan kaming lahat at hinintay ang pagkanta ni Yuri.

***" I'll hold the door, Please come in and just sit here for a while. This is my, way of telling you i need you in my life. It's so cold without your touch, i've been dreaming way to much can we just turn this into reality... "***

Yung sa ganda ng kanta, nasabayan mo na rin ng palakpak. At hindi lang ako yung gumagawa nun. Kayalang panira tong batang katabi ko. Wala sa tono yung palakpak nya. Pagkatapos ng palakpak namin yung kanya.

***" ...Cause i been thinking 'bout you lately, maybe you could save me, from this crazy world we live in and i know we could happen, cause you***

***know what i been feeling you...*** **"**

Mapapatigil ka nalang bigla dahil sa titig nya sakin. Hindi ko alam kung bakit nya ginagawa yun pero hindi ko maiwasan na hindi mailang. Bigla kong naalala yung sinabi sakin ni Keifer dati, nung Festival na kumakanta si Yuri.

**"** ***..Storms they will come, but i know that the sun will shine again, he's my friend, and he says the we belong together, and i'll sing a song to break the ice just the smile from you would suffice. It's not me, Being nice girl this is real tonight...*** **"**

Bigla nalang din kumanta yung mga luko na parang alam na alam nila yung lyrics. Nakita ko pa si Calix at Mica na nag-akbayan. Gusto ko din sanang sabayan yung pagkanta nya kayalang kasi...

**"** ***..Cause i been thinking 'bout you lately, maybe you could save me from this crazy world we live in and i know we could happen, cause you know what i've been feeling you... I know you want me...*** **"**

Ramdam ko at alam kong kakaiba yung tingin sakin ni Keifer. Para bang inaabangan yung magiging reaksyon ko sa ginagawa ni Yuri. Para akong biglang na-pressure. Maling galaw ko lang at mabibigyan ng kahulugan yun.

**"** ***..There's no other... There's no other love... That i rather have... You know... There ain't no one... There ain't no one else, i want you for myself....*** **"**

*Shit!* Eto na ba yun? Eto naba yung ibig sabihin nung singsing? Nagtatapat naba sya ng pagtingin sakin? Ayokong maging assuming pero kasi.... *Aaahhhhh!!*

**"** ***..Cause i been thinking 'bout you lately, maybe you could save me from this crazy world we live in and i know we could happen, cause you know what i've been feeling you... I know you want me..*.** **"**

***" ...Cause i been thinking 'bout you lately, maybe you could save me from this crazy world we live in and i know we could happen, cause you know what i've been feeling you... I know you want me. "***

Malakas na palakpakan ang binigay namin para sa kanya pero kasunod meron akong narinig na nagsalita.

"*Yari na! Story repeat ata!*"

Nilingon ko kung sinong nagsabi nun, pero hindi na ako sigurado kung sino sa kanila. Hindi ko nalang pinansin, hindi ko rin naman kasi alam kung anong ibig sabihin nun.

Umalis na harap si Yuri, nagsalubong pa ang tingin namin. Ngumiti ako sakanya at ganun din sya sakin. Si Rory naman ang nasa harap ngayon hawak ang mic.

**"Maraming salamat Yuri!"** Sabi nya. **"...Ngayon naman, inihahandog ng Jay's Warrior!"**

*Naknang!*

Eto na naman yung Jay's warrior na yan! Kala ko ba tapos na usap namin dyan.

Lumapit sa harap yung mga lintik na dancer na may hawak ng pangalan na yan. Pinangungunahan ni Ci-N, syempre!

Nagsimulang sumayaw ang mga luko. Hindi ko namalayan na naupo na pala si Yuri sa tabi ko.

**"Nagustuhan mo?"** Tanung nya sakin.

Nag-nod naman ako habang naka-smile.

Hindi na kami nagsalita pagkatapos nun. Naging awkward yung atmosphere sa paligid namin. Gusto kong magtanung sa kanya pero nahihiya ako.

**"Uhmm..."** Panimula nya. **"...G-gusto mong kumain ulit? Ikukuha kita."**

Umiling ako. **"Kakatapos ko lang kumain."**

Nag-nod naman sya at muling tumahimik. Paminsan-minsan tinitignan ko sya at may pagkakataon na nagsasalubong ang tingin namin.

Hindi ko maiwasan na hindi makarandam ng hiya.

*Tsk. Anu ba to?!*

**"Yuri..."** Panimula ko. **"...y-yung about sa singsing."**

Tumingin sya sakin. Ako na ang nagsimula. Kung hihintayin ko sya baka tapos na ang bagong taon wala pa ring nangyayari.

Huminga sya ng malalim. **"Jay-jay... I-i... Hay... I don't know how to say this."**

Yung gusto ko ng sigawan si Yuri at sabihin sa kanyang magsalita na sya. Lalu kasi akong kinakabahan sa ginagawa nya. Para akong naghihintay ng premyo o ng announcement.

*Bilis na!*

**"Jay... K-kasi..."**

Napatitig nalang ako sa kanya. Ganun din sya sakin.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin.

Sa sobrang tagal nya magsalita. Natapos sa pag-sasayaw sila Ci-N. Muling hinawakan ni Rory yung mic at nagsalita dahilan para sa kanya mapunta ang atensyon namin.

**"Maraming salamat sa Jay's Warrior! Ngayon naman... Punta na tayo sa second game natin!"** Sabi ni Rory.

Sigawan at palakpakan naman ang mga kasama namin.

**"Bring me!"** Sigaw ni Rory.

Napaka-bago ng laro na yan. Sabagay, yun naman talaga yung laging nilalaro sa mga christmas party.

**"Simulan na natin! Bring me... Bring me... Bring me something... SWEET!"**

Bigla nalang nagkagulo at nanguha ng kung anu sa mga pagkain na matamis. Pero nahuli na sila dahil nasa harap na si Calix at Mica.

**"May nanalo na!"** Sigaw ni Rory. **"...Si Calix at Mica!"**

**"Asan yung sweet?!"** Tanung ni Ci-N.

**"Silang dalawa... Sweet sila sa isa't isa."** Paliwanag ni Rory.

Sabay-sabay naman kaming nag-*ahh*. Ayos din tong si Rory. Basta pasok sa word na *sweet*, pwede na.

**"Next! Bring me..."** Sabi ni Rory pagka-abot ng premyo dun sa dalawa. **"...Bring me... Bring me... Bring me..."**

**"Ang tagal naman nyan!"** Reklamo ni Felix.

**"Teka lang! Nag-iisip pa!"** Sigaw ni Rory sa kanya at nagtawanan kami. **"...Bring me... Bring me something... Black and white."**

Bigla nalang silang nagtinginan sakin. Pati ako napatingin sa suot ko. Naka-black na tshirt kasi ako at may print na *christmas rock* na puti.

Kayalang bago pa man din sila maka-kilos may kamay na humawak sakin para patayuin ako mula sa pagkaka-upo sa tabi ni Yuri.

**"Uy! Hala! Teka!"** Sigaw ko ng bigla nalang akong buhatin na parang sako ng bigas ni Keifer.

Lumakad sya palapit sa harap at binaba ako sa tabi ni Rory.

**"May nanalo na!"** Sigaw ni Rory.

Tinignan ko ng masama yung Hari ng mga Ulupong. **"Bakit kailangan kasama ako?!"**

**"Mahuhubad mo yang tshirt mo?!"**

*Ay oo nga naman!*

Mali din naman ako dun. Kinuha ni Keifer yung premyo nya mula sa kumpol ng mga regalong papremyo. Pero inabot nya sakin yun.

**"I don't need it... Sayo nalang."** Sabi nya.

**"Next!"** Sigaw ni Rory kaya umalis na ko sa harap. Naiwan si Keifer dun para magbigay ng regalo.

Bumalik ako sa kinauupuan ko kanina. Nakangiti sakin si Yuri.

**"Buksan mo."** Utos nya habang nakaturo sa premyong hawak ko.

Ginawa ko naman at tinanggal yung balot.

*Instant noodles!*

**"Eto na yun?!"** Inis na tanung ko.

Langya! Ayos na papremyo to!

Bigla nalang tumawa si Yuri. **"Naghirap kami sa pagbabalot ng maganda dyan."**

Natawa na rin ako. Para naman kasing ewan, eto lang ata ang christmas party na kilala kong nagbigay ng instant noodles na papremyo.

**"Bakit naman kasi ganito yung papremyo nyo?"** Tanung ko habang natatawa pa rin sa hawak ko.

**"Ganyan talaga, kahit nung si David pa yung president namin."** Paliwanag nya.

**"Bakit nga pala ganyan ang mga suot nyo?"** Tanung ko ng bigla kong maalala na naka-elf costume sya kagaya ni Ci-N.

**"Kalokohan kasi namin dati, sa kagustuhan naming mapagtripan yung president namin. We ask him to wear a Santa Claus costume. Then we search for someone who can join him and wear elf costume. Yun nga lang, bumalik ang karma samin ni Keifer."** Sabi nya at bigla nalang tumawa.

Kaya pala ganun ang suot ng luko at sinamahan pa nya. Pagkakataon nga naman, babalik at babalik sayo yung ginawa mo.

**"Last Bring me!"** Sigaw ni Rory kaya napatingin kami sa kanya. **"...Bring me... Bring me something... Bring me something that you love!"**

Bigla nalang akong binuhat ni Yuri, bridal style. Hindi na ko nakapalag pa at dire-diretso syang naglakad papunta sa harap.

Pagbaba nya sakin agad na nagreklamo si Ci-N.

**"Hoy! Something you love daw!"** Sigaw ni Ci habang naka-busangot.

**"Yeah..."** Sagot ni Yuri.

Yung kabang kanina ko pa nararamdaman, eto na naman.

**"Bakit si Jay-jay ang dinala mo?"** Tanung ni Rory.

Bigla nalang akong tinignan ni Yuri. Gustohin ko mang umiwas at umalis sa kinatatayuan ko, hindi ko magawa. Ayaw makisama ng tuhod ko.

*Pakshet naman!*

**"...Co'z i'm inlove with Jay-jay."**

Pagkasabi ni Yuri, automatic na huminto ang lahat. Literal na huminto, namatay ang music dahil nagalaw yung player. Nabitawan ni Rory yung mic, nagtinginan si Mica at Calix, natampal ni Ci-N ang noo nya at halos lahat sila tumingin saming tatlo nila Yuri at Keifer.

**"Patay... Story repeat!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 119

**Christmas Party 4.0**

***Jay-jay's POV***

Akala ko hindi na matatapos yung awkward moment na yun. Buti nalang at biglang dumating yung Daddy ni Eman at dinalhan pa kami ng pagkain.

Lumipat lahat ng atensyon nila duon sa pagkain pero ako eto. *Nganga!*

Sa sobrang gulat ko sa pangyayaring yun, napainom ako ng di-oras. Medyo umiwas din ako sa kanila dahil alam kong tatanungin nila ko.

Lumapit sakin si Mica at sumandal din sa pader na sinasandalan ko.

**"Okay ka lang?"** Tanung nya.

**"H-ha? O-okay lang ako."**

**"Nag-aalala si Calix sayo... Alam mo na. Mukang naulit na naman kasi----"**

**"Ay anu kaba? Hindi ganun yun. Si Yuri lang ang umamin. Tsaka wala namang gusto sakin si Keifer."** Putol ko sa sasabihin nya.

*Iba kasi ang gusto nya o.... Gusto pa rin nya.*

**"Walang sinasabi si Keifer pero iba yung pinapakita nya."** Biglang sabi ni Mica kaya natigilan ako. **"...Mag-obserba ka Jay... Mapapansin mo yung sinasabi ko."**

*Mag-obserba?*

**"N-nag-oobserba naman ako. Ayoko lang mag-assume."** Sagot ko sa kanya at tumangga ng alak.

*Mahirap mag-assume!*

Parang alang talab tong iniinom ko. Ganun pa rin yung nararamdaman ko, kagaya kanina.

**"Pero Jay... Kahit anong mangyari. Pag-isipan mo lahat. Malaking gulo yung naganap nun sa Section E ng dahil sa love triangle na yan. Ayokong maranasan mo yung naging paghihirap ni Ella."** Sabi nya at lumakad na palapit kay Calix.

Parang may kung anong nagpakaba sakin. Minsan ng nasabi sakin ni Ci-N na muntik ng mahati ang Section E dati. Nagkaroon ng grupo si Keifer at si Yuri. Nagkampihan hanggang sa muntik ng mag-away-away.

Parang ayokong mangyari yun. Ayokong makita na magkasira-sira sila ng dahil sakin.

Tinignan ko si Yuri na kasalukuyang nakatayo sa kabilang bahagi ng resto. Nakatingin sya sakin at parang hinihintay ang magiging reaksyon ko.

Ngumiti ako sa kanya para sabihin na okay lang ako at ang lahat samin. Hindi ko kasi alam ang dapat kong sabihin. Oo may umamin na sakin dati ng feelings nila pero hindi ganito yung naramdaman ko.

*Gravve! Nakakaloka!*

**"Tapos na ba kayong lumapang?!"** Tanung ni Rory.

Nagsigawan naman sila ng *Oo*, kahit may mga hawak pang plato.

**"Pupunta na tayo sa main event ng gabing ito!"** Sigaw ni Rory kaya nagsigawan sila. **"...Exchange gift na!"**

*Naku! Ayan na!*

**"Tatawagin ko yung code name nyo at lalapit kayo dito para tanggapin yung regalo."** Utos ni Rory at kumuha ng isang regalo. **"...John Snow!"** Panimula nya at lumapit si Kit.

**"Wag nyo muna bubuksan!"** Paalala ni Rory.

Sabay-sabay kasi dapat naming bubuksan.

**"Boy Logro!"** Patuloy ni Rory at lumapit si Eman.

Nagtawag pa sya ng nagtawag. Pero isa lang ang hinihintay ko bukod sa code name ko. Yung *bluetooth* na nakuha ko.

**"Mutya!"** Tawag ni Rory sakin.

Yup! Mutya ang inilagay nila. Hindi ako, kasi hindi ko naman alam ang ibig sabihin nun. Kailangan daw kasing mabilis akong makilala para alam nung magreregalo. Dahil nga ako lang ang babae.

Paglapit ko kay Rory para kunin yung regalo ko, agad ko syang tinanung.

**"Anu nga ulit meaning ng Mutya?"**

**"Mutya means... Muse."** Mabilis nyang sagot sakin.

**"Bakit yun?"** Tanung ko ulit.

**"Kasi ikaw ang muse namin... Ang muse ng Section E."** Singit ni Ci-N na kasalukuyang inaalog yung box ng regalong nakuha nya.

**"Bakit hindi nalang Queen?"** Biglang tanung ni Felix habang kumakain.

**"Hindi bagay kay Jay-jay maging reyna."** Biglang sabi ni Eren kaya tinignan ko sya ng masama.

Pero may punto sya dun. Hindi nga bagay sakin maging reyna at ayoko rin naman nun.

**"Tsaka pagsinabing Queen... May King."** Sabi ni Blaster at biglang tumingin kay Keifer.

*Kay Keifer talaga?*

Sabagay, binansagan ko nga din pala syang Hari. Hari ng mga ulupong.

**"Kaya Mutya nalang... Mas bagay pa."** Sabi ni Rory habang nakangiti.

Ngumiti din ako sa kanya. **"Mas bagay nga at mas gusto ko yun."** Bumalik ako sa kinalalagyan ko kanina at binaba yung box sa lamesa.

Nagtawag ulit ng pangalan si Rory. Nakatuon pa rin yung atensyon ko sa code name na nakasulat sa balot ng regalo.

*Mutya....*

Ang sarap ngang pakinggan. Hindi na maalis yung ngiti ko sa labi dahil sa word na yun.

Pero naagaw ang atensyon ko ng tawagin yung *bluetooth.* Tumayo pa ko para lang makita sya ng maayos.

*Teka!*

Naku lagot! Si Keifer yung bluetooth? *Hala!* Hindi ko naisip yun. Kalokohan pa naman yung niregalo ko. Patay na! Nakakahiya ako nito! Lalu na kapag nalaman nilang ako yung nagbigay nun.

**"Keifer..."** Tawag ni Rory sa kanya. **"...Bakit naman bluetooth?"**

**"The word bluetooth were taken after King Harald Blåtand. I use it since i'm the King, remember?"** Mabilis nyang sagot sabay tingin sakin.

*Aaaahhhhhhh!!!* Ang talino naman nitong Kumag na to. Trivia yun, astig!

Pero next time na ko ma-amaze sa trivia nya. Dahil nag-aalala ko sa regalo ko. Buti nalang pare-pareho ng balot yung mga regalo namin.

Malakas nga lang ang pakiramdam ko na alam ni Keifer na ako yung nagbigay nung regalo. Syempre! Sya pa, meron nga syang motto ng bangko.

**"Ready na!"** Sigaw ni Rory. **"...Sabay-sabay na nating buksan ang mga regalo!"**

Excited na binuksan nila Ci-N yung mga regalo nila. Halata ang tuwa njng iba pero dismaya naman sa iba.

**"Sinong gago ang nagbigay sakin nito?!"** Galit na sabi ni Calix habang hawak hawak yung nakuha nyang isang box ng.....*condom?*

Malakas na tawanan ang sinagot namin sa kanya dahilan para mamula sya. Umiwas naman si Mica ng tingin habang pilit pinipigilan ang pagtawa.

**"Anong connect ng something naughty sa sinturon?"** Tanung ni Edrix.

**"Hahaha... Kapag daw makulit paluin ng sinturon."** Sabi ni Ci-N habang pinagtatawanan si Edrix.

**"Tang'na naman... Parang hindi nag-isip yung nagbigay nito."** Inis na sabi ni Edrix.

**"Anu pa yung sakin?"** Sabi ni Mayo sabay pakita ng nakuha nyang beachwalk na tsinelas.

Malakas na tawanan ang naging tugon namin sa kanya.

**"Pati eto!"** Sabi ni Denzel at hinarap samin ang sandok na nakuha.

**"Teka! Sa kitchen namin yan ah!"** Sabi ni Eman at sinipat-sipat yung nakuha ni Denzel.

**"Kelan pa naging naughty ang hanger?"** Tanung ni Eren.

Nasampal ko nalang ang noo ko. Halatang tinamad mag-isip ang mga luko ng ireregalo. Puro pamalo sa batang makukulit yung niregalo sa kanila.

**"Anu to? Take... Me... To... Paradise."** Basa na Ci-N sa hawak nya.

Lumapit ako para tignan yun. Ako na rin nagbukas ng box para sa kanya. Pagkabukas, agad ko ding sinara at inilayo yung regalo kay Ci-N.

**"Sinong animal nagbigay nito kay Ci-N?!"** Galit na tanung ko sa kanila.

Walang sumagot. Nagtinginan lang ang mga luko.

**"Bakit? May problema ba?"** Tanung sakin ni Eman.

Tinignan ko sya. Gusto kong sabihin sa kanya yung laman nung box pero ayaw bumuka ng bibig ko.

Panu ko ba sasabihin na puro *Porn Magazine* at *CD* yung laman nung box? Kung sinong animal ang nagbigay nito kay Ci-N, yari sya sakin!

Lumapit sakin sila Edrix para tignan yung nakuha ni Ci-N pero nilayo ko din sa kanila yung box.

**"Ci! Bibigyan nalang kita ng ibang regalo... Wag na to!"** Sabi ko sa kanya.

Kahit naguguluhan, tumango nalang sya. Itatapon ko nalang tong pesteng box na to. Ibigay daw ba sa bata yung mga ganito.

Dumiretso ako sa basuran para itapon dun yung box. Pagbalik ko, malakas na asaran ang naririnig ko. Napatigil ako at halos manlaki yung mata ko.

Uung regalong binigay ko kay *Bluetooth.* Pinagkakaguluhan nila!

**"Hahahahaha... Yan ang tunay na naughty!"** Sabi ni Felix kay Keifer.

Bakit ba kasi yun yung napili ko? Nakita ko lang naman sa palengke yan.

**"Gandang boxer nyan... Hahahahaha..."** Sabi ni Edrix.

*Kainis!*

Pulang Boxer kasi na may design ng ulo ng raindeer yun. Pero yung ulo nung raindeer nakatapat sa mismong-----*aaarrrgggghhhhh!!!*

*Bastos! Bastos! Bastos ka Jay-jay!*

**"Suot mo na Keifer! Hahahahaha..."** Pang-aasar ni Denzel.

Sandaling tumingin sakin si Keifer. Baka mahalata nya ko kaya patay malisya akong naglakad pabalik sa table na pinag-iwanan ko ng nakuha kong regalo.

Binuksan ko muna yung sakin dahil medyo atat na ko. Something naughty daw pero parang hindi naman yun yung nakuha ko.

Costume ng Santa Claus pero pambabae. Kinuha ko yun at sinipat-sipat pero parang nabitin sa tela. Kinuha ko yung kapares at muka ngang nabitin sa tela.

Sleeveless at my hoodie yung pang-itaas at mukang hanggang dibdib lang ang kayang takpan. Yung kapartner naman, palda pero sobrang ikli ata.

*Putya! Something naughty nga!*

Bigla nalang may humablot sakin nung damit. Pagtingin ko Keiiifer. Tinignan nya yung nakuha ko at bigla syang nag-smirk.

**"Wear this thing."** Utos nya.

*Hm?!*

**"Nu ka?! Ayoko nga!"**

**"Why? I want to see you wearing this."** Pang-aasar nya.

Luko to! Umaandar na naman yung kamanyakan nya.

**"Tigil-tigilan mo ko ah!"** Sabi ko habang pinandidilatan sya ng mata.

**"Wear this thing or i will tell everyone that you're the one who gave that boxer."** Sabi nya na nagpatigil sakin.

*Tongono!*

Hindi nila pwedeng malaman! Nakakahiya! Anu nalang iisipin nila? May kapilyahan akong taglay. Tapos kay Keifer pa napunta. Alam na this!

Teka lang! Panu nya nalaman na ako yung nagbigay? Ay naku! Meron nga pala syang motto na pang-bangko. Hindi na dapat ako magtaka.

**"I'll give you time to think about it."** Sabi nya ay ngumiti ng nakakaluko.

Naningkit ang mata ko sa kanya. **"Ikaw siguro nakabunot sakin no?"**

Umiling sya. **"It was Ci-N."** Mabilis nyang sagot.

*Ci-N?!*

Naknang! Luko yun ah! Eto pa talaga binigay nya sakin, yari sya sakin mamaya!

**"Keifer naman ih! Nakakahiya kaya kapag nalaman nila!"** Halos maiyak-iyak kong sabi.

**"Then wear it... Atleast yun, ako lang makakakita."** He said and wink.

*Iihhh...*

**"Manyakis ka..."** Bulong ko pero mukang narinig nya.

**"Gwapo naman."** Mabilis nyang sagot.

**"Kapal!"**

**"Ng alin?"**

**"Ng tela ng damit... Mukang mainit oh!"** Palusot ko habang kuwaring sinisipat-sipat yung damit na nakuha ko.

Nag-smirk sya sakin at wink ulit bago tuluyang lumakad paalis.

Ayoko suot to! Anu gagawin ko?!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 120

**Author's Note:** sinubukan ko lang yung free wifi sa terminal... Hahahaha ang bilis!

*Merry Christmas!* ☃❄

**Christmas Party 5.0**

***Jay-jay's POV***

Nagising ako dahil sa sikat ng araw na nakatapat sa muka ko. Sobrang sakit ng ulo ko feeling ko binibiyak. Ito ang napapala ng humabol pa ng second party pagkatapos nung christmas party namin.

Sila naman may kasalanan nito. Akala ko tapos na yung party pero ng sabihin nila na meron pa, sumama naman ako.

*Gusto ko din kasi!*

Nagpunta kami sa bahay nila Keifer at dun tinuloy yung kasiyahan. Buti nalang at umuwi na si Blaster dahil gising pa si Keigan pag-dating namin.

Naririnig ko yung phone ko. May tumatawag sakin at malakas ang kutob kong si Kuya yun. *Patay*!

Hindi ko na kasi kayang umuwi kagabi kaya nagtext ako sa kanya na hindi ako makaka-uwi. Hindi ko na hinintay ang reply nya dahil natulog na ko.

Speaking of natulog, na kaninong kwarto nga ulit ako? Niligid ko yung paningin ko sa buong kwarto. Hindi na to yung kaparehong kwarto na nakita ko dati.

May disenyo na at gamit kagaya ng computer at laptop sa study table. Meron ding gitara kagaya nung nakita ko sa kwarto ni Yuri. Hindi ko makita na maayos yung iba dahil sa panlalabo ng mata ko.

Sa totoo lang gusto ko pang matulog. Inaantok pa ko at gusto ko ring ipahinga yung ulo ko. Umikot ako para maiwasan yung sinag ng araw.

Na sana pala hindi ko ginawa!

*K-k-keifer?*

Nakatapat ang muka ko sa kanya. Nakapikit sya at tulog na tulog. *Mygudness!* Kung andito sya at nandito ako at magkatabi kami....Hindi kaya?---*aaarrggghhh!*

Agad akong sinilip yung sarili ko sa ilalim ng kumot. May damit ako at kumpleto. Pero pinakiramdam ko din yung sarili ko kung may masakit sakin.

*Headache lang... Yun lang!*

Dahan-dahan akong kumilos at akmang tatayo na ng bigla nalang may kamay na pumalupot sakin at dire-diretso akong napahiga.

Buti sana kung yun lang ang ginawa nya. Pero siniksik din nya yung sarili nya sakin at....*pvtnam!* May matigas na bagay na tumatama sa tagiliran ko.

*Wag naman sana! Mahabaging langit!*

Eto pang malupit. Nararamdaman ko yung init ng katawan nya. Mukang walang pang-itaas ang luko.

Bakit ba ko napunta dito? Tengene naman!

Natigilan ako bigla, parang naalala ko na kung panu ako napunta dito.

***Flashback...***

**" Merry christmas and a happy holiday... *Hiccup*"** Kanta ko.

**"Stop singing."** Utos ni Keifer habang inaalalayan ako.

Tinignan ko sya ng masama. **"Bakit? Magan-da naman boyshes ko ah?"**

**"Tss."**

Bigla nalang akong natawa ng walang dahilan. Ang lakas kasi mang-inis ng *tss.* Minsan hahatakin ko na talaga dila nya.

**"Tss."** Pang-gagaya ko sa kanya. **"...Tsssssss....."**

**"Stop it! You sound like a snake."**

**"Ayaw mo ba nun? Hahahahahaha..."**

Huminto kami sa tapat ng pinto ng isang kwarto. Alam kong ito rin yung lagi nyang pinaglalagyan sakin. Pero bago pa man mabuksan yung pinto. Kumawala ako sa kanya at dire-diretsong tumumba.

Akala ko babagsak ako sa pinto ng katapat na kwarto. Pero bukas pala yung pinto kaya dumiretso ako sa pabagsak sa sahig.

**"Aw..."**

**"Tsk! Kulit!"** Sabi ni Keifer at tinulungan akong tumayo.

Ng makita ko yung laman ng kwarto agad akong kumawala sa kanya at tuloy-tuloy na pumasok.

**"Gandang kwarto!"** Sabi ko at halos gumapang ako makarating lang sa kama.

**"This is not your room. Dun ka sa kabila."** Sabi ni Keifer at pilit akong tinayo para dalin sa kabila.

**"Ayaw! Dito ako!"** Sabi ko at hinubad bigla yung sapatos ko.

Padapa akong bumagsak sa kama na saksakan ng lambot. Gutcho ko dito!

**"This is my room and your not allowed here."** Sabi ni Keifer.

**"Sige lang... Sige lang..."** Sabi ko habang dinadama yung lambot ng kama hangang sa makatulog na ko.

***Endofflashback...***

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Nakakahiya yung ginawa ko!

Last time na nag-inom ako sa harap nitong si Keifer ang alam nya knock out ako. *Pisti!* Baka malaman nya na nagkunwari lang ako nun.

Sinubukan ko pang isipin kung anu-anu pa yung ginawa ko kagabi. Kayalang, hindi malinaw sakin.

Mamaya ko nalang siguro iisipin yun. Basta ang mahalaga, maka-alis muna ako dito. Sinubukan kong alisin yung braso nya. Kayalang bigla nalang syang umungol.

Tinigil ko agad yung balak ko. Baka kasi magising sya at sure akong mahaba-habang kaguluhan to sa pagitan namin.

Napatitig nalang ako bigla sa muka nya. Ang bait nya tignan kapag tulog. Tahimik na tahimik at hindi papasok sa isip mo na kapag nagising ang impaktong to ay magkakaroon ng delubyo.

Narinig ko na naman yung phone ko. Kailangan ko ng sagutin yung tawag dahil baka mapatay na ko ni Kuya nito.

Tinanaw ko muna kung nasan yung bag ko. Nasa kabilang bahagi lang ng kama at abot kamay ko lang. Bahagya kong inangat yung katawan ko para abutin yung bag.

Nahawakan ko na at saktong hahatakin ko na palapit sakin ng mapansin kong nakadilat na si Keifer at titig na titig sakin.

Dun ko lang din na-realize na halos nakapatong na pala ako sa kanya.

**"Sinasamantala mo naman yung himbing ng tulog ko."** Sabi nya at ngumiti.

**"Kapal mo!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nya kong niyapos sa baywang dahilan para tuluyan na kong mapaibabaw sa kanya.

**"Hoy! Anu ba?! Bitiwan mo nga ako!"** Sigaw ko habang nagpupumiglas.

**"Why? Isn't what you want?"** Sabi nya at ngumiti ng nakakaluko.

Pinaghahampas ko sya sa dibdib. **"Hindi! Ang kapal mo!"**

Bigla nya kong tinulak, dahilan para diretso akong malaglag sa kama.

*Yung balakang ko!*

Tinanggal nya yung kumot na nakabalot sa kanya at dun ko lang napatunayan na wala nga syang damit. *Putik!*

Tuloy-tuloy syang tumayo at----*Pusang gala!* Nakaboxer lang ang luko. Napaiwas ako ng tingin.

**"I like this boxer."** Sabi nya.

Hindi ko na-gets yung ibig nyang sabihin kaya tumingin ako sandali sa kanya.

Suot nya yung binili kong boxer na may ulo ng raindeer na nakatapat sa kwanan.

Napa-angat yung tingin ko sa katawan nya.

*Ang sarap atang mag-pandesal at hotdog ngayon.*

**"Like the view?"** Tanung nya kaya napatingin ako sa mismong muka nya.

Naka-smirk sya at parang model ng underware kung makatingin sakin.

*Hala!*

Sinubukan kong tumayo mula sa pagkakasandlak ko sa sahig pero feeling ko tumama talaga yung balakang ko.

**"Aray ko..."** Bulong ko.

Animal kasi! Itulak daw ba ko. Dumiretso si Keifer sa banyo.

Nakakuha ako ng pagkakataon para sagutin yung tawag ni Kuya.

*132 missed call... 278 Text messages...*

I'm dead! Mukang kailangan ko ng ayusin ang last will and testament ko. Muling tumunog ang phone ko. *Si Kuya Angelo...*

Sinagot ko yun at dahang dahang nilapit sa tenga ko yung phone. Pero hindi ko man din nailalapit narinig ko na ang pagsigaw nya.

**["*WHERE THE HELL ARE YOU?!*"]**

**"K-k-kuya..."** Nauutal na sabi ko. Nakakapanginig kasi ng laman yung sigaw ni Kuya.

**["*Andito ako ngayon sa police station at balak ko ng ireport ng kidnapping at ra/pe yang mga classmate mo!!*"]**

*Hala! Hala! Hala!*

**"Teka lang Kuya! Walang ganun! Okay ako, andito ako kila Keifer!"** Tuloy tuloy na sabi ko at nawala sa isip ko na nabanggit ko yung pangalan nung kumag.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo.

**["*Kila Keifer! Dyan kapa talaga nag-stay! Anak ng...*"]**

**"K-kuya... K-kasi..."**

**["*Jay... Pagbalik ko galing office at wala ka pa rin sa bahay! Sinasabi ko sayo, aahitin ko kilay mo!*"]** Banta nya sakin at napahawak nalang ako sa kilay ko.

**"E-eto na nga, pauwi na nga."**

Pinatay nya bigla yung tawag. Sakto namang labas ng kumag galing banyo. Nakatapis nalang sya ng twalya at dumiretso sa walk in closet nya.

*Yayamanin!*

Buti pa sila ni Yuri may walk in closet. Ako cabinet lang solve na. Nagbihis sandali ang Hari, paglabas naka-short at tshirt na sya.

**"Let's eat breakfast."** Aya nya sakin.

**"Teka! Pa-toothbrush muna..."**

Tinignan nya ko sandali bago nagsalita.

**"Sa kabilang kwarto... Andun yung toothbrush na ginamit mo."** Sabi nya at naglakad palabas.

Binuksan nya yung pinto ng kabilang kwarto. Kinuha ko yung bag ko at sumunod sa kanya. Tuloy-tuloy akong pumasok sa banyo at ginawa yung morning routine ko.

Paglabas, nakasandal ang Hari sa gilid ng pinto. Naka-cross arm pa sya at nakatingin sa sahig.

**"Let's go."** Aya nya sakin at tulo-tuloy na lumakad palabas.

Sumunod naman ako sa kanya. Sa totoo lang, hindi lang pala sa pagmamaneho mabilis itong si Keifer. Pati sa paglalakad, sya na mahaba ang legs.

Hindi ako sure kung saan kami papunta pero sunod pa rin ako sa kanya.

*Sa laki ng bahay nila. Hindi kaya sya naliligaw?*

Pumasok kami sa isang kwarto---Dining area pala at bumungad sakin si Keiren at Keigan na nag-aalmusal. Good boy na naman yung looks ni Keigan, hindi kagaya kagabi na mukang galing sa away.

**"Ayan na sya..."** Dinig kong sabi ni Keiren.

**"G-good morning..."** Bati ko sa kanilang dalawa.

Inirapan lang ako ni Keiren pero ngumiti sakin si Keigan.

**"Seat here."** Utos ni Keifer habang nakaturo sa silya sa tabi nya.

Dahan-dahan akong lumapit at naupo. Nakakaramdam kasi ako bigla ng hiya kahit aapat lang kami sa loob.

May pumasok na dalawang maid at sandali kaming pinagsilbahan ni Keifer bago umalis.

**"Next time, wag kana pupunta dito kung mag-iingay ka lang."** Masungit na sabi sakin ni Keiren dahilan para mapatigil ako.

*Mag-iingay?*

**"...You almost wreck our house. You almost burn it and call some type of demon."**

*Huh?!*

Hindi ko maintindihan pinagsasasabi sakin nitong bata na to. Tinignan ko si Keifer sandali pero tuloy-tuloy lang sya sa pagkain.

**"M-may ginawa ba ko kagabi?"** Tinung ko sa kanila.

Umiwas ng tingin si Keigan, tinignan ako ng masama ni Keiren at nilabas ni Keifer yung cellphone nya at nagpipindot ng kung anu. Inabot nya sakin yuna t bumungad ang isang video.

May malaking bonfire sa gitna at nakikita ko sila Ci-N at iba pa na sumasayaw. May naririnig akong ingay pero hindi malinaw sakin hangang sa nakita ko yung sarili ko.

**"*Alulululululululululu!!!!!*"** Sabi ko habang sinasayawan ang bonfire.

*Putik! Ako ba talaga to?!*

**"*Shesheshesheshe!*"** Kanta ko pa ulit. **"*...Labas na! Labas na! Labas... NA!!*"** Sigaw ko.

*Sinong pinapalabas ko?*

**"*Aru! Kalu! Jaba! Tanan! Kalahali!*"** Kanta naman ni Ci-N at sinabayan nila Eren.

**"*Kalahama! Sitbumba!*"** Patuloy ko.

Huminto yung video kaya kinuha na ni Keifer yung phone. Napatingin ako kay Keiren.

**"Baliw..."** Komento nya at bumalik sa pagkain.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Naalala ko lahat ng ginawa ko kagabi. Para akong miyembro ng kulto at nagtatawag ng kung sinong animal.

**"Next time, wag kana iinum. Baka kung sinong demon ang lumabas sa apoy kakatawag mo."** Sabi ni Keifer ng hindi tumitingin sakin.

Napakamot ako sa ulo. Nakakahiya yung pinag-gagawa ko. Sinamahan pa ko nila Ci-N sa kalokohan ko.

Bigla nalang akong napatigil. Meron akong biglang naalala kagabi.

*S-si Yuri...*

Meron syang sinabi sakin.

*Pakshit!*

Inaaya nya kong magpakasal kagabi!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 121

## Real

***Jay-jay's POV***

Muntik na! Muntik na yung kilay ko. Muntik na kong mawalan ng kilay. *Hanep yan!*

Si Kuya kasi, nauna naman ako sa kanya pero pagdating nya kinagalitan agad nya ko. Tapos bigla nalang kumuha ng pang-ahit at lumapit sakin.

Buti nalang naawat agad sya nila Tito Julz. Kundi, ay naku! Wala ng *kilay is life.*

Humarap ako sa salamin at tinignang mabuti yung kilay ko. Mali ako! Mukang nahagip din ng pang-ahit. Meron ng gatla sa gilid. Pareho na kami ngayon ni Charlie Puth.

*Anu kaya'ng pwede panremedyo dito?*

Lumapit ako sa study table ko at tinignan kung meron akong pwedeng magamit para sa kilay ko pero iba yung nahanap ko.

*Yung singsing.*

Tapos bigla ko na namang naalala yung mga pinagsasasabi nya sakin kagabi. Oo lasing ako, pero gising na gising ang diwa ko syempre.

May mga nakakalimutan ako minsan pero naalala ko din agad. Pero yung kay Yuri, sobra'ng hirap ata'ng kalimutan.

Sobrang naguguluhan na tuloy ako.

*Hay! Yuri Hanamitchi!*

Bakit parang pareho na sila'ng may impact sakin ni Keifer? Hindi maganda'ng sign yun. *Tsk! Asar!*

Bigla nalang bumukas yung pinto ng kwarto ko at tuloy-tuloy na pumasok si Aries.

As usual, seryoso'ng seryoso na naman ang pagmumuka.

**"B-bakit?"** Tanung ko.

**"I have your father's info... What is your decision now?"**

*Info ni Papa!*

Nakatitig lang ako kay Aries. Hindi ko kasi alam kung tama ba tong decision na pinili ko.

**"Aries... K-kasi..."**

**"Do you want it or not?"** Tanung nya na halata'ng naiinip sa isasagot ko.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko.

**"A-ayoko... H-hindi ako aalis ng Section E."**

Huminga sya ng malalim at may kinuha sa bulsa. Papel yun na nakatupi at kahit hindi ko nakikita ng kabuuan alam ko kung anu ang laman nun.

**"You sure? You don't want this thing?"** Parang naghahamon yung tono ni Aries sakin.

Nagpabalik-balik yung tingin ko sa kanya at dun sa papel. Parang gusto ko ng bawiin yung sinabi ko.

**"I'll wait for your answer until the first week of school days."** Sabi nya at agad na lumabas ng kwarto ko.

*Kingina naman!*

Alam mo yung---*aarrgghhh!!* Kainis kasi! Nasabunutan ko nalang ang sarili ko.

Anu ba kasing problema? Bakit ba gusto'ng gusto nya ko'ng paalisin sa Section ko?

Pahiga ako'ng bumagsak sa kama. Sa sobrang kakaisip para'ng katawan ko yung napapagod.

Pinili ko na yung mga kaibigan ko. Kasi alam kong magkikita at magkikita pa rin kami ni Papa sa maraming paraan----*de joke!*

Binalak ko talaga'ng kuhanin nalang kay Kuya Angelo yun ng hindi nila nalalaman. Hindi nga lang ako sigurado kung panu.

*Takas mode!*

Napatitig nalang ako sa kisame. Ilang araw nalang pasko na pero eto ako at nakatanga at namo-mroblema pa rin.

*Si Aries kasi...*

Idagdag pa yung kagabi at yung mga sinabi ni Yuri. Mababaliw na ata ako!

***Flashback....***

**"Ang lamig! Putik!"** Sigaw ni Edrix.

Tinignan ko yung oras sa phone ko. 9:39pm pa lang pero yung lamig pang-madaling araw na.

**"Jay.. nilalamig ako! Painitin mo nga ako."** Paki-usap ni Ci-N habang naka-amba ng yakap sakin.

Tinignan ko silang lahat. **"Sino'ng may lighter?! Sisilaban ko lang to! Nilalamig daw!"**

Bigla nalang silang nagtawanan. Agad naman akong tinignan ng masama ni Ci.

Painitin ko daw sya eh. Edi silaban, swabe ang init nun sa katawan.

*Ultra-wow!*

Dumating na sila Keifer at Yuri. Meron silang dalang mga sanga ng puno. Sabi nila kanina, gagawa daw ng bonfire para mabawasan yung lamig.

Dito kasi kami umistambay sa bakuran lang nung Hari. Nagpapahinga na daw kasi yung mga tao sa kanila.

Pagkasindi nung apoy, naglabas na kagad ng alak ang mga luko. Yung iba samin umuwi na kaya nabawasan na kami.

Kagaya ni Denzel, pinapauwi na daw kasi sya ni Grace. Si Calix, kailangan ng ihatid si Mica. Si Blaster, talagang umuwi ng malamang pupunta kami kila Kiefer. Si Kit, sumama daw yung pakiramdam kaya uuwi na. Si Mayo din umalis na dahil uuwi daw ngayon ang lolo't lola nya. Si Eman naman, tumulong sa paglilinis sa Resto nila.

Kulang na kami pero okay lang. Sulit naman yung celebration namin kanina. Inabutan ako ng bote ni Eren.

**"Salamat..."** Sabi ko da kanya at ngumiti.

**"Jay-jay tumador."** Dinig kong sabi ni Rory.

Tinignan ko sya ng masama. **"Isa'ng bote palang hawak ko, tumador agad?"**

**"Sa panahon ngayon yung mga babae sing-lakas na mag-inom ng mga tatay nila."** Komento ni Edrix.

**"Hoy! Hindi ako malakas mag-inom!"**

**"Tapos hindi marunong mag-luto."** Dagdag ni Drew.

**"Nagluluto ako!"**

**"Ng ano?"** Tanung ni David.

**"Pirito!"** Mayabang kong sagot sa kanila pero pinagtawanan lang nila ko.

Ang hirap kaya magpirito tapos tatalsikan kapa ng mainit na mantika. Acheivement yun ba!

**"Kala nyo naman... Nagluluto kayo?!"** Inis na tanung ko sa kanila.

**"Hindi... Pero consider na samin yun, lalaki kami eh."** Sagot ni Eren.

**"Hindi rin..."**

**"Wala naman sa kasarian yan... Dapat sa ganitong edad marunong na tayo maging independent."** Sabi ni Josh.

Pare-pareho kaming napatingin sa kanya. Ang deep kasi nung sinabi nya. Bakit ba nauwi sa usapang independent to?

**"Tsaka ko na iisipin yan kapag nasa ganyang edad na ko."** Sabi ni Ci-N habang nakatawa.

Nagulat ako ng makita ko sya'ng may hawak na bote ng alak. Akmang iinumin na nya yun pero agad akong tumayo at kinuha sa kanya yung bote.

**"Hindi ka pwedeng mag-inom!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Bakit?"**

**"Anung bakit----"**

**"Let him drink."** Putol ni Keifer sa sasabihin ko. **"...Let him be a man."**

**"Anu'ng man?! Boy pa lang to!"**

**"Panu sya magiging tunay na lalaki kung hindi mo sya hahayaan mag-inom?"** Singit ni Yuri sa usapan namin.

Tinignan ko sya. **"Sa pag-iinom ba nasusukat ang pagiging lalaki?"**

**"No, but it's a part of being a man."** Sagot nya sakin.

Nakaramdam ako ng inis. Yung feeling ng napagtulungan. Tapos lahat sila nakatingin sakin na para bang nagsasabi na mali ako.

Binalik ko kay Ci-N yung bote. Agad akong lumakad paalis at palayo sa kanila.

**"Nagtampo ata."** Dinig kong sabi ng isa sa kanila.

*Nakaka-badtrip kasi!*

Dumiretso ako sa bahay nila Keifer at dahil wala naman akong ideya sa meron sa bahay na to, cross arm akong nakatingin sa kawalan at nakatayo sa gitna.

Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Baka maligaw lang ako.

**"Kainis kasi..."** Bulong ko.

**"Jay..."** Tawag ng kung sino.

Muntik pa kong mapa-iktad sa gulat. Tinignan ko ng masama yung kung sino'ng animal na yun.

**"May kailangan ka?"** Inis na tanung ko kay Yuri.

**"Are you mad at me?"**

**"Hindi!"** *Hindi ba obvious?!*

**"Sorry..."**

Tinignan ko sya. **"Hindi naman ako galit."**

**"Really?"**

**"Oo nga!"** Mabilis kong sagot.

**"Kaya ba salubong na salubong ang kilay mo?"**

Pinakiramdaman ko naman yung kilay ko. Inayos ko yung ng ma-realize kong totoo nga yung sinasabi nya.

Hinawakan ni Yuri yung isang kamay ko. Diretso nya kong tinignan sa mga mata.

**"Sorry na... Dapat kinampihan kita----"**

**"Wala kang obligasyon sakin. Kaya okay lang kung hindi mo ko kampihan."** Putol ko sa sasabihin nya.

**"Don't say that. I admit my feelings to you already. So, i have an obligation to you."** Paliwanag nya.

*Anung ibig sabihin nun?*

**"As what?"** Diretsong tanung ko, na mali ata.

Para'ng pambasag yung tanung ko. Feeling ko may tinamaan ako.

Bumitaw si Yuri sa pagkakahawak sa kamay ko. Napayuko sya at nagpilit ng ngiti.

*Shooot!*

**"Y-yuri... A-anu... H-hindi ganun yung ibig kong sabihin----"**

**"I believe i still haven't told you the purpose of the ring."** Putol nya sa sasabihin ko.

Bigla nalang sya'ng lumuhod gamit ang isang tuhod, nakasuporta naman yung isa'ng binti nya para sa balanse.

*A-anu'ng...*

Kinuha nya yung isang kamay ko at tinignan ako ulit sa mga mata. Ang bilis ng tibok ng puso ko, gusto'ng gusto kong pumalag pero ayaw makisama ng katawan ko.

**"Jasper Jean Mariano..."** Panimula nya. **"...I, Yuri Hanamitchi is asking you..."** Huminga sya ng malalim. **"...To marry me."**

*Shutang'names!*

Agad kong binawi yung kamay ko. *Jusme!* Agad agad?! Kaka-amin lang ng feelings tapos kasal na! Pwede bang ligawan muna?

**"Y-yuri... K-kasal talaga?! Agad?!"** Gulat na tanung ko sa kanya.

Tumayo sya at nakangiting humarap sakin. *Adik yata to eh!*

**"..tsaka anung connect nyan sa obligation na pinag-uusapan natin?!"** Patuloy ko.

Nahawakan ko nalang ang pisngi ko sa pagkabigla sa mga ginagawa nitong si Yuri.

**"Jay... You told us before na ayaw mo muna'ng mag-boyfriend. So, instead of asking you to be my girlfriend, i ask you to marry me."** Nakangiting paliwanag nya sakin.

Napangiwi nalang ako sa sinabi nya. Ang lakas ng tama nya. Hindi kaya lasing na sya at tinamaan na ng alak ang utak nya.

**"Lasing kana..."**

Umiling sya. **"I'm not."**

Bahagya akong naglakad palayo sa kanya. May ilang beses ko ata'ng nasuklay ng kamay ang buhok ko.

*Pvta! Nakaka-pressure!*

**"You don't need to answer now."**

Tinignan ko sya. **"Hindi yun... Hindi ko kasi maintindihan tong ginagawa mo. Oo, gusto mo ko pero... Putik naman! Dahan-dahanin mo naman."**

Napakamot sya bigla sa ulo. **"S-sorry..."**

**"N-next time nalang natin pag-usapan to. Bumalik na tayo."** Sabi ko at agad na naglakad palabas ng bahay.

Paglapit kila Ci-N agad kong kinuha yung bote'ng akmang tutunggain nya. Ininum ko na parang tubig.

**"D-dahan-dahan uy!"** Sabi ni Ci-N.

Hindi ko sya pinansin. Tuloy-tuloy kong ininum yung alak at ng maubos nanguha pa ko ng isa.

***Endofflashback...***

Tapos nalasing ako ng hindi ko namamalayan at ginawa ko yung kahindik-hindik na pagtawag ko sa kung sino'ng impakto sa apoy.

*Dinaig ko pa yung kulto!*

Punyemas! Saan ko ba natutunan yun?!

Next ko na iisipin yun. Ang priority ko ngayon kung panu ko kakausapin si Yuri. At kung anung dapat naming pag-usapan.

*Nyetax!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 122

**Author's Note:** Hindi ko makita yung ibang nagpapa-dedicate... sorry.

**Christmas Celebration**

***Jay-jay's POV***

Ang sexy ko pala----*charot!*

Habang tinitignan ko yung sarili ko sa salamin, dun lang nags-sink in sa utak ko na tumataba nga ako.

Kala ko joke lang yung sinabi sakin ni Ci-N dati. Suot-suot ko kasi yung nakuha ko nung christmas party. Yung costume ni Ms. Claus na halatang nabitin sa tela.

**"Labas pusod."** Bulong ko at kinalikot yung pusod ko sabay amoy.

*Yack!!*

Tumalikod ako ng bahagya para tignan yung likod ko. Sobrang ikli kasi nung skirt. Sinuot ko yung sumbrero at kinuha yung cellphone ko.

*Bahala na si Batman!*

**"Yari ka saking Keifer ka..."** Sabi ko at nagsimulang picture-an ang sarili ko.

Post! Pak! Ganern! SuperModel! Sexy back! Pak! Pak!

**"Okay na to..."** Bulong ko at nagsimulang mamili ng picture na ipapadala dun sa Hari ng mga Ulupong.

Sa takot ko na malaman ng mga hudlong na yun na ako yung nagbigay ng boxer sa kanya, nagpa-uto ako.

Wag lang talaga lalabas yung picture na to sa madla, babalatan ko ng buhay yung hinayupak na yun.

Dalawang picture yung napili ko. Isang nakaharap na nakapamaywang at isang bahagyang nakatalikod.

Napa-antanda nalang ako bago pindutin yung send. Binaba ko yung phone ko at laking gulat ko ng biglang bumukas ang pinto ng kwarto ko.

Gulat at galit ang nakita kong reaksyon ni Kuya Angelo ng makita nya yung suot ko.

**"What the... What is that?! Why are you wearing that?!"** Galit na tanung nya sakin.

**"A-anu kasi... Y-yung... S-sinukat ko lang..."** Palusot ko na mukang hindi naman nya pinaniwalaan.

Bumaba yung tingin nya sa cellphone ko na nakalapag sa kama. Bigla nalang kasi tumunog yun. *Patay!*

Nakipag-unahan akong kuhanin yung phone ko. Halos madapa pa si Kuya pero naunahan ko sya.

**"Anu yan?! Meron ka bang..."** Bigla nalang nanlaki yung mata nya at parang merong kung anung naglaro sa isip nya. **"...Are you selling your body?!"**

*Hala sya!!*

**"Uy! Hindi! Grabe ka naman! Selling agad?!"**

**"Bakit ganyan ang suot mo at ayaw mong ipakita sakin phone mo?!"**

**"Eh kasi nga... OA ka masyado!"**

Tinignan nya ko mula ulo hanggang paa. Sa totoo lang nilalamig na ko dito sa suot ko.

**"Jay-jay! Sinasabi ko talaga sayo!"** Banta nya sakin habang dinuduro ako. **"...Huli mo na yan!"**

Nag-nod ako. **"Sinukat ko lang talaga..."**

Napahawak nalang sa sintido si Kuya. Huminga sya ng malalim at tinignan ako ulit, pero salubong pa rin ang kilay nya.

**"Magbihis kana... Susunduin natin si Lola sa Terminal."** Sabi nya at naglakad palabas ng kwarto ko.

Pagsara ng pinto, tinignan ko kagad kung sino yung nag-message sakin. Dalawang mensahe na parehong galing sa Hari ng mga Ulupong.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** '*Sexy Jay-jay... 😎😘*'

*Huh?!*

Manyakis talaga tong animal na to! Tinignan ko din yung kasunod na message.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** (*Picture attached*)
'*Souvenir... 😎😏*'

Kamanyakan talaga ng walanghiya! Picture nya na suot-suot yung boxer na binigay ko. Nakapost pa sya na parang model ng underware.

Pero ang sexy nya----*ko! Ang Sexy ko! Grabe!*

Kung anu-anu na tuloy pumapasok sa isip ko. Kasalanan to ng damit na to. Nagbihis na ko agad at dumiretso sa sala kung saan naghihintay si Kuya Angelo sakin.

**"Alis na kami Ma!"** Paalam ni Kuya kay Tita.

Naglakad na si Kuya palapit sa kotse nya. Sumunod naman ako at sumakay. Nasa upuan ako sa tabi ng driver na si Kuya.

**"Ikaw Jay-jay ah! Kung anu-anung kalokohan ang ginagawa mo!"** Sermon nya sakin.

*Eto na po ang simula!*

**"..Wag kang lalapit sakin at sasabihing buntis ka! Tatamaan ka talaga sakin!"**

**"Kuya! Hindi naman nga!"** Sagot ko na mukang ikinagalit nya.

**"Sasagot ka pa! Kung tuktukan kaya kita!"** Banta nya habang naka-amba ang kamao sa ulo ko.

Eto pang masama nito. Traffic! Yari na... Mahaba-habang sermon ang aabutin ko sa kanya nito. Kailangan ko ng ihanda ang sarili ko.

Bakit ba kasi ngayon lang bumyahe si Lola?

**"Tell me... May boyfriend ka na ba?"** Seryosong tanung nya.

Umiling ako. **"W-wala..."**

**"Anong meron sa inyo ni Keifer?"**

Napatingin ako sa kanya. Si Keifer talaga?

**"Wala... Kahit anu, wala."** Halos pabulong kong sagot.

**"But you like him?"**

*A-anu daw?!*

**"Hindi ah!"**

**"You sound defensive..."**

Natahimik ako at napakagat sa ibabang labi ko. Hindi ko magets kung anu yung gustong palabasin ni Kuya.

Nakarating kami sa terminal at kahit maraming sasakyan, nagawa pa rin nyang makahanap ng parking.

Bago buksan ang pinto para bumaba, nagsalita muna si Kuya.

**"Kung magb-boyfriend ka... Wag sana si Keifer. Iba nalang..."**

Napahinto ako. Anung ibig nyang sabihin dun? Anung wag si Keifer? Wala naman akong balak magboyfriend, bakit nya ko sinasabihan ng ganito?

Bumaba na si Kuya kaya ganun na din ako. Sobrang dami ng tao, feeling ko mahihirapan kaming mahanap si Lola.

**"Jay... Hanapin mo si Lola sa waiting area. Titingin ako don sa mga bagong dating."** Utos ni Kuya.

Agad naman akong nagpunta sa waiting area. Kahit dito maraming tao, sobrang init at hassle. Hindi naman ako nabigo sa paghahanap sa kanya dahil ang lakas ng tawa ni Lola habang nakikipag-kwentuhan kay.... Ci-N?

*Umaano dito to?!*

Lumapit ako kay Lola at agad na nagmano sa kanya.

**"Hi Jay!"** Bati sakin ni Ci-N.

Tinignan ko naman sya na parang nagtatanung ng '*bakit andito ka?*'.

**"Ang tagal nyo... Buti nalang dumating tong kaibigan mo para samahan ako."** Sabi ni Lola.

**"Buti nalang nakita ko sya agad."** Nakangiting sabi ni Ci-N.

Tumayo si Lola at akmang kukuhanin yung bag nya pero inunahan ko na sya.

**"Ako na po La."** Sabi ko at nag-nod naman sakin si Lola.

Nag-umpisa na kaming mag-lakad palabas ng waiting area. Nauna sila Lola at Ci-N sakin. Hindi ko maiwasan na hindi mag-isip.

Hindi ko maintindihan kung bakit andito sya at panu nya nakilala si Lola.

Nakarating kami sa kotse ni Kuya pero wala pa rin sya. Agad kong kinuha yung phone ko at tinext sya. Habang naghihintay, patuloy pa rin sa kwentuhan tong dalawa.

**"...talaga? Nakakatuwa naman na may kaibigan si Jay-jay na kagaya mo."** Sabi ni Lola at pinipisil-pisil pa yung pisngi ni Ci.

Panay naman ang pacute nitong isa.

**"Nahihiya po ako..."** Pabebeng sabi ni Ci.

Napapangiwi nalang ako sa kinikilos nitong bata na to. I mean, alam ko naman na ganyan sya dati pa pero kakaiba kasi.

**"Baka naman ikaw ang boyfriend ni Jay-jay?"** Tanung ni Lola na kinagulat ko.

**"Hahaha... Hindi po."** Nakatawang sagot ni Ci.

Bakit pakiramdam ko may kalokohang sasabihin to?

**"...Keifer po ang pangalan ng boyfriend nya. Hahaha----aaagghhh! Jay!"** Sigaw nya ng bigla kong hatakin ang tenga nya.

Banggitin daw ba pangalan nung Hari kay Lola at pinakilala pang boyfriend ko ah! Hanep!

Bigla nalang hinampas ni Lola yung kamay ko kaya napabitaw ako.

**"La! Masakit!"** Reklamo ko.

**"Nasasaktan yung bata sayo!"** Sermon nya sakin.

Langya! Hindi na inalala kung nasaktan ako sa ginawa nya. Pero nung si Ci todo alala sya.

*Yung totoo! Sinong Apo dito?!*

Hinimas ni Lola yung tenga nung batang kumag. Paawa naman tong isa. Feel kong manapak ngayon.

Dumating si Kuya at agad na lumapit samin. Medyo nagulat nga lang sya ng makita nya si Ci. Hindi ako sure kung alam nyang classmate ko tong batang kumag na to.

**"Lola..."** Bati ni Kuya sabay mano.

**"Hi Kuya!"** Bati ni...Ci-N?

*Naki-Kuya pa ang luko!*

Tinignan sya ni Kuya, sabay tingin sakin na para bang nagsasabi ng '*kilala mo ba to?*'.

**"Classmate ko... Ci-N Peralta."** Pakilala ko.

Binigyan naman ako ni Kuya ng '*ahh*' reaction. Siguro nakuha naman nya kung kaninong anak tong kaharap nya.

Binuksan ni Kuya yung pinto ng kotse. Dumiretso naman ako sa likod para isakay sa compartment yung bag ni Lola.

Agad kong hinablot si Ci-N at hin-head lock.

**"Panu mo nakilala si Lola at panu mo nalaman na susunduin namin sya?!"** Tanung ko.

**"A-aray! Jay!"**

Binitiwan ko sya pero nakahawak naman ako sa kwelyo nya. Pinandilatan ko rin sya ng mata.

**"S-sa cellphone mo... N-nakita ko sa mga picture."** Sagot nya sakin.

Napa-isip naman ako dun. Oo nga, ako nga pala nagpakita sa kanya nun dati. Pero agad ko din syang binalikan ng tingin.

**"Panu mo nalaman na andito sya at susunduin namin sya?"**

**"S-sinabi mo nun bago ka malasing..."**

Binitiwan ko sya agad. *Pakshit!* Nawala sa isip kong nag-kukwentuhan nga pala kami bago ako malasing.

Pero hindi pa ko tapos.

**"Bakit nga pala andito ka?"**

**"Wala akong magawa samin----"**

**"Jay! Inaaway mo ba sya?!"** Singit ni Lola sa usapan namin.

Napakamot ako ng ulo. **"H-hindi po..."**

**"Tara na! Umalis na tayo!"** Aya nya samin.

Nagulat ako ng pagkasara ko ng compartment biglang sumakay si Ci sa backseat katabi ni Lola.

*Ay! May nag-aya ba sa kanya?!*

Sa passenger seat sa tabi ni Kuya ulit ang pwesto ko. Panay ang palitan namin ng tingin ni Kuya.

Naipit na naman kami sa traffic. Tahimik kami pareho ni Kuya pero si Ci-N at Lola panay ang kwentuhan.

**"Anu nga ulit pangalan ng boyfriend ni Jay-jay?"** Tanung ni Lola kay Ci, na nagpatigil sakin.

Lumipat ang tingin ko kay Kuya, na sya namang dahan-dahan sa pag-pihit ng ulo nya para maka-tingin sakin.

Mabilis akong umiling sa kanya para sana sabihin na '*hindi totoo yun*'.

**"Keifer po... Mark Keifer Watson po."** Buong galak na sagot ni Ci-N.

Nagsalubong na ang kilay ni Kuya. Mabilis nyang hinablot ang tenga ko. Hindi ako nakagalaw sa pwesto ko.

**"Wala! Walang kahit anu! Tapos kayo na pala!"** Galit na sabi ni Kuya.

**"H-hindi... A-aray! Kuya! H-hindi totoo yun!"** Sigaw ko habang pilit inaalis yung kamay nya sa tenga ko.

**"Humanda ka sakin pag-uwi natin!"** Sigaw nya sakin.

*Humanda sakin tong Ci-N na to!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 123

**Christmas Celebration 2.0**

***Jay-jay's POV***

**"Angelo naman! Hindi na naawa kay Jay-jay!"** Galit na sabi ni Tita Gema habang dinidikit yung ice bag sa tenga ko. **"...Pulang pula yung tenga nung bata sayo!"**

**"Kasalanan naman nya eh!"** Katwiran ni Kuya habang nakasandal sa ref.

Tinignan sya ni Tita ng masama. **"Ikaw Angelo ah! Hinahayaan ka naming disiplinahin mga pinsan mo pero hindi ganito! Halos matapyas tenga ni Jay-jay sayo!"**

Napakamot nalang si Kuya ng ulo nya. Gusto ko sanang tumawa, ang cute kasi ni Kuya kapag sinisermunan sya.

*Hahahahaha...*

**"Hindi naman kasi maintindihan kung nagsasabi ng totoo yung bata na yan... Wala daw boyfriend pero kakasabi lang nung bata sa labas na meron daw."** Paliwanag ni Kuya.

Tinignan ako ni Tita. **"Kayo na?!"**

Pareho kami ni Kuya na takang tumingin sa kanya. Sinong tinutukoy nya?

**"Yung nagbigay ng singsing sayo! Kayo naba?!"** Buong galak na tanung ni Tita.

Mabilis akong umiling. **"H-hindi po Tita..."**

**"May nagbigay ng singsing sayo?"** Tanung ni Kuya.

**"Binigyan ka ng singsing ni Keifer?"** Singit ni Ci-N habang kumakain ng ice cream.

Tinignan ko sya ng masama. **"HINDI! Lumayas ka nga dito! Ipapahamak mo na naman ako!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang syang nag-pout at tumalikod samin.

**"Lola! Inaaway po ako ni Jay-jay!"** Sumbong nya at naglakad pabalik sa sala.

*Ay wow!*

**"Sinong nagbigay sayo ng singsing?"** Seryosong tanung ni Kuya.

*Pakshet!* Hindi ako pwedeng magdahilan o magsinungaling kay Kuya. Mas lalu akong malilintikan sa kanya nito.

**"S-si Yuri..."** Halos pabulong kong sagot.

Nagpalitan ng tingin si Tita at Kuya. Para bang meron silang alam na hindi ko pa nalalaman.

Humarap sakin si Tita. **"Jay... Dun ka muna kay Lola mo. May pag-uusapan lang kami ni Kuya mo."**

Nag-nod naman ako at kinuha yung ice bag bago tuluyang lumabas ng kusina. Paglabas bumungad sakin ang salubong na kilay ni Aries.

**"Bakit andito yang bata na yan?!"** Inis na tanung nya sakin.

**"Ewan ko! Basta pagsundo namin kay Lola kasama na sya."**

**"Pauwiin mo na nga yan, ayoko makita pag-mumuka nyan dito!"** Utos nya sakin bago umalis sa harapan ko.

*Grabe!*

Pati si Ci-N hindi na pinalagpas ni Aries. Hindi naman sya inaano. Hindi ako sure kung what time aalis tong batang kumag na to. Pero sure akong hindi sya dito mag-celebrate ng pasko.

Syempre, pasko tapos nasa ibang bahay sya.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Lola. **"...nakakatuwa itong kaibigan mo! Saan mo ba to nakilala?"**

**"Classmate ko po sya..."** Sagot ko bago maupo sa katapat na sofa na inuupuan nila.

**"Classmate mo? Eh ang bata pa nya... Repeater kaba?"**

Mabilis akong umiling. **"Hindi ah! Kahit pasaway ako inaayos ko pag-aaral ko."**

**"Talaga?"** Mapang-asar na tanung ni Ci-N.

Sampalin ko kaya to? Kahit isa lang.

**"Saan nga pala ang magulang mo? Bakit hinahayaan kang mag-gala?"** Tanung ni Lola kya Ci.

Bigla nalang nalungkot yung muka nya. Medyo nagtaka si Lola pero parang alam ko na yung dahilan. Minsan na nyang nasabi sakin na wala syang maalala na holiday na kasama nya ang buong pamilya nya.

Kahit birthday nya hindi rin nya makita ang magulang nya. Tatambakan lang daw sya ng regalo tapos aalis na.

**"Nasa trabaho po kasama sila Kuya at Ate ko."** Sagot nya.

Tama nga ako. Mukang hindi na naman nya kasama ang pamilya nya mag-celebration at yun ang dahilan kaya nang-gugulo sya dito samin.

Tinignan ako ni Lola. Ewan ko kung iisa kami ng iniisip pero alam kong gusto nyang iparating.

**"Lola... Pwedeng dito nalang mag-celebrate ng pasko si Ci-N sa atin?"** Tanung ko na nagpangiti kay Lola at Ci-N.

**"Ipagpa-alam mo kila Tita mo, bahay nila to."** Sabi ni Lola.

Agad akong tumayo at mabilis na naglakad pabalik ng kusina. Pero hindi pa man din ako nakakalapit naririnig ko na pinag-uusapan nila Kuya at Tita.

**"...Ang bata pa ni Jay-jay. Wala nabang ibang paraan?"** Sabi ni Tita.

*Ako?!*

**"That's our deal, we have no choice."** Sagot ni Kuya.

**"Panu kung gusto pa nyang mag-aral? Panu mangyayari yun kung----"**

**"I'll talk to them about that."** Putol ni Kuya sa sasabihin ni Tita.

Pareho silang tumahimik. Hindi ako sigurado sa pinag-uusapan nila. Pero sure akong tungkol sakin yun.

*Jay-jay daw eh...*

Tumuloy na ko sa pagpasok sa kusina. Medyo nagulat pa si Tita sakin pero inayos din nya agad ang sarili.

**"Bakit Jay?"** Tanung ni Kuya sakin.

**"Pwedeng dito nalang magpasko si Ci-N?"**

**"Hindi ba sya hahanapin sa kanila?"** Tanung ni Tita.

Umiling ako. **"Parehong busy sa trabaho."**

Tumingin si Tita kay Kuya na para bang hinihingi ang opinyon nito. Nag-nod lang si Kuya at nakangiting humarap sakin si Tita.

**"Sige..."** Sabi nya.

Agad akong tumakbo pabalik sa sala kung nasan yung dalawa. Panay pa rin ang tawa ni Lola sa mga hirit ni Ci-N.

**"...Ampunin nyo nalang po ako. Para masaya."** Sabi ni Ci na nagpataas ng kilay ko.

**"Ay ikaw lang masaya nun... Hahahaha..."** Sagot ni Lola sa kanya.

**"Ay harsh..."** Komento ni Ci na muling nagpatawa kay Lola.

Kahit ako napatawa na rin. Minsan lang ako nagpakilala ng kaibigan kay Lola. Madalas pa nyang sabihan na hindi daw magandang impluwensya sakin. Pero ngayon, parang mas gusto pa nyang kasama si Ci.

Lumapit ako sa kanila at sinabing pumayag sila Tita at Kuya na dito na magpasko tong batang kumag na to.

**"Tara tulungan mo ko mag-handa sa kusina..."** Aya ni Lola kay Ci-N bago tumayo.

Sunod naman tong isa habang nakangiti. Feel at home na ang luko. Wag lang syag matyempuhan ni Aries baka malintikan sya.

Narinig kong may nag-door bell. Tumayo ako at naglakad palabas. Ako na ang magbubukas, alam ko kasing busy silang lahat. Idagdag pang umuwi yung mga maid nila Tita sa nga pamilya nila, kaya kulang sa tao.

Pagbukas ko ng gate, parang gusto ko ulit isara.

*Si Ella...*

**"H-hi..."** Bati nya sakin.

**"Hi din..."** Balik kong bati sa kanya.

As usual, nakalugay na naman ang mahaba nyang buhok. Kumikinang ang makinis nyang balat. Naka-dress na puti na bumagay sa kanya kahit simple lang.

*Edi ikaw na maganda! Kingina!*

**"Merry christmas... Si Aries?"** Tanung nya.

May dala syang bag na mukang pagkain ang laman.

*Hindi merry ang pasko ko!*

**"Nasa loob, pasok ka."**

Naglakad naman sya papasok. At wag ka, dumiretso sa pinto ng bahay ng hindi ako hinihintay. Isa pa tong feel at home.

*Sya nalang sasampalin ko!*

**"Merry Christmas Tita!"** Bati nya kay Tita Gema.

**"Sayo din Iha!"** Balik na bati ni Tita sabay halik sa pisngi nya.

Hindi ko na alam ang mga pinag-usapan nila. Dumiretso kasi ako kusina para tulungan si Lola at Ci-N. Binulong ko sa kanya na andito si Ella pero wala syang naging reaksyon.

Hinayaan ko nalang, baka kasi hindi sya affected.

Halos buong hapon kaming naghahanda para sa noche buena. Ni hindi ko na nga nagawang tignan ang phone ko na panay ang tunog.

Ng matapos, bumalik ako sa kwarto ko para maligo at magbihis. Feeling ko kasi parte na ko ng kusina dahil sa amoy ko.

Medyo nahiya pa nga ako sa bisita namin na walang ibang ginawa kundi makipag-lampungan kay Aries. Dito din pala sya magpapasko.

*Hindi na talaga Merry pasko ko!*

Sandali kong tinignan ang phone ko. Puro text message ng mga ulupong at binabati ako ng Merry Christmas.

Nireplayan ko naman sila isa-isa kahit halos maubusan ng dugo yung daliri ko sa pag-compose lang ng message.

*Hardcore sa pag-bati...*

Matapos ang madugo kong pagt-type. Dumiretso na ko sa dining kung nasan silang lahat. Tinuro ni Ci-N yung katabi nyang bangko kaya dun na ko naupo.

**"Thank you..."** Bulong nya sakin.

*Hm?*

**"Para saan?"**

**"Dito..."** Sagot nya habang nakangiti.

Ngumiti din ako sa kanya. Alam ko ibig nyang sabihin. Ganun din naman siguro ang gagawin nya kapag nalaman nya na mag-isa lang ako tuwing pasko.

**"Kainan na!"** Sigaw ni Tito Julz habang may dalang pagkain galing kusina.

Nagsimula na kaming kumain. Panay kwentuhan nila na pinangungunahan ni Ella.

Dahil pasko naman, pinagbigyan ko sya. Hahayaan ko muna sya ngayon.

Si Ci-N patuloy ang pangungulit kay Lola. Kahit si Tita natatawa rin sa kanya. Si Aries halatang iretable sa kanya pero pilit nililipat yung atensyon sa katabi nya.

Pagdating ng 12, dumiretso kami sa christmas tree. Meron daw kaming regalo. Nakita ko agad yung para sakin, kaya binuksan ko na.

**"Anu nakuha mo?"** Tanung sakin ni Ci.

*Uhmmm...*

**"Alam mo ba address ni Santa?"** Tanung ko sa kanya.

Umiling sya. **"Bakit?"**

**"Pupuntahan ko sya at sasampalin na rin at the same time."**

**"Huh?!"**

**"Binigyan nya ko ng white dress... Aanhin ko naman to?!"** Inis sabi ko.

Bahagyang tumawa si Ci. **"Baka para sa debut mo."**

Napangiwi ako. Ang layo pa ng debut ko. Anong trip ni Santa? Ang lakas ata ng tama nya.

Halos 3am na kami nakapagpahinga. Puro kwentuhan kasi ang naganap. Sa kwarto ko na pinatulog si Ci-N. Sa sahig naman sya, narinig ko kasing sa kwarto ko papatulugin si Ella kaya matinding protesta ang ginawa ko.

*Anu sya? Ayoko nga sya kasama!*

**"Goodnight Jay..."** Antok na sabi ni Ci.

**"Goodnight din..."** Balik ko sa kanya.

Bago tuluyang ipikit ang mga mata ko. Tinignan ko muna yung phone ko. Meron kasi akong hinihintay na message.

Hindi naman ako nabigo.

**From:** *Yuri*
**Message:** *Meri Kurisumasu!* ☃❄ ..

Kahit hindi ako marunong mag-japanese, alam ko ibig sabihin nyan. Agad ko syang nireplayan at binati. Alam ko nasa Japan sya ngayon, kasi nga dun talaga sila nag-celebrate.

May panibagong text na dumating. Kala ko si Yuri pero iba pala.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** *Merry Christmas, sexy Jay-jay...* 😎😆😉

Yung unexpected! Aaminin ko, napangiti ako nito pero at the same time ininis din. Lagyan daw ba ng '*sexy Jay-jay*'. Manyakis!

*Merry Christmas Hari ng mga Ulupong!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 124

**Kit...**

***Jay-jay's POV***

**"Hindi ba pupunta si Ci-N dito?"** Tanung ni Lola sakin.

**"Hindi po..."**

Dama kong miss ni Lola si Ci-N. Ako din naman miss ko na sya. Ilang araw na kasi syang hindi nagpupunta dito. Buti sana kung nagtetext sya sakin o tumatawag pero hindi eh.

Nung mismong araw ng pasko bigla nalang tumawag sakin yung Kuya nya. Galit na galit sakin at sinabihan akong pauwiin si Ci.

Ayaw daw ng gulo ni Ci-N kaya umuwi nalang sya. Sabi nya tatawag daw sya agad kapag nakauwi na sya pero hindi nya ginawa.

Hindi ko maiwasan na hindi mag-alala.

*Anu na nangyari sayo Ci-N?*

Gusto ko sana sya puntahan pero baka magpang-abot kami ng Kuya nya at nag-away pa kami. Iiwas nalang ako, kesa magkagulo.

Narinig kong tumunog yung cellphone ko. Akala ko si Ci-N kaya nagmadali pa ko sa pagkuha nun pero iba pala yung tumatawag.

*Si Eren...*

**"Hello?"**

**["*Jay-jay*"]** Mahinang tawag sakin ni Eren.

**"Bakit? May kailangan ka?"**

Dinig ko sa kabilang linya na parang nagkakagulo. Naririnig ko pa na may nag-aaway tapos parang may naglalakad na padabog.

**"...Ang ingay ata, asan kaba?"** Dagdag kong tanung.

**["*Andito ako kila Kit... May problema kasi.*"** Huminga sya ng malalim. **"*...p-pwede kabang pumunta dito?*"]**

Naguguluhan ako sa nangyayari. Idagdag pang ang ingay-ingay sa side ni Eren. Parang may kolisyon na hindi ko maintindihan.

**"Bakit?"**

**["*Hindi ko na kasi alam kung sinong lalapitan. Kailangan ni Kit ng tulong ngayon eh.*"]**

Nakaramdam ako ng pag-aalala. Hindi nagsasabi ng problema si Kit o si Eren. Kung tinawagan na nila ko ng dahil dun, ibig sabihin mabigat ang kinakaharap nila.

**"S-sige... Papunta na ko."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin ni Eren. Pinatay ko na agad ang tawag. Nag-paalam ako kay Lola bago dumiretso sa kwarto para magbihis.

**"Alis na po ako La... Kayo nalang po bahala magsabi kila Tita."** Sabi ko at nag-nod naman sakin si Lola.

Lumabas ako ng bahay at agad na tumakbo papunta sa kanto. Buti nalang at maraming taxi na nagkalat nayon, hindi ako nahirapang sumakay.

Sinabi ko agad yung address nila Kit. Minsan palang ako napunta sa bahay nila pero natatandaan ko pa naman kahit papanu.

Dahil sa traffic feeling ko aabutin ako ng syam-syam sa byahe. Sumasakit ang ulo ko sa ingay ng nga busina nila. Akala naman nila, aandar ang sasakyan sa harap nila kung bubusina sila ng bubusina.

*Sige! busina pa!*

Nakarating naman ako ng matiwasay sa bahay nila Kit. Nakaabang na sakin si Eren sa gate pa lang ng bahay.

**"Eren..."** Tawag ko sa kanya. **"...Anu'ng nangyari?"**

Hinawakan ako ni Eren sa braso at bahagya'ng nilayo sa bahay nila Kit. Tumingin muna sya sa gate sandali bago nagsalita.

**"Jay... Pwede kabang magpanggap na girlfriend ni Kit?"** Dire-diretsong paki-usap nya.

*Hm?!*

**"A-anu?! Ayoko nga!"** Mabilis kong sagot.

**"Sige na... Jay... Please... Kailangan lang ni Kit."** Paki-usap nya.

**"Ayoko nga! Tigilan mo nga ako Eren."**

**"Jay... Sige na... Baka hindi na lumabas ng kwarto si Kit. Ilang araw na syang hindi kumakain ng maayos."**

Natigilan ako sa sinabi nya. Anu'ng connect ng pagpapanggap kong girlfriend nya sa hindi paglabas ni Kit sa kwarto?

**"Ipaliwanag mo muna sakin kung anu nangyari."** Utos ko sa kanya.

Tumingin ulit si Eren sa bahay bago humarap sakin at kausapin ako. Napahawak pa sya sa sintido nya at huminga ng malalim.

**"Okay... Okay... Satin-satin nalang muna to ah?"**

Nag-nod ako sa kanya bilang pag-sang-ayon.

**"Si Kit kasi... A-anu... Hindi kasi dapat sakin manggagaling to eh!"** Sabi nya sabay kamot sa ulo.

**"Kung hindi mo sasabihin agad, aalis na ko."** Bored na sabi ko sa kanya.

Napakatagal kasi, pa-thrill pa masyado.

**"Eto na... Anu kasi... Haaiizt!"** Huminga ulit sya ng malalim. **"...B-bakla kasi si Kit."**

*Loading.....*

Hindi ko alam kung dapat kong ihilera sa super shocking moment yung sinabi ni Eren o moderate lang. May hinala naman na ako nuon pa, pero syempre hindi ko alam kung totoo nga yun.

**"Jay? Nagets mo ba yung sinabi ko?"** Tanung nya sakin.

Napag-appear ko nalang ang kamay ko. **"Tama ang hinala ko!"** Sigaw ko.

Agad akong sinenyasan ni Eren na tumahimik at sumilip ulit sya sa bahay.

**"Hinala?"** Tanung nya sakin.

**"Nakita ko sila nung Festival, sila ni Mayo. Tapos nakita ko din picture nila sa cellphone mo."** Paliwanag ko.

Kinuha ni Eren ang phone nya at tinignan yung picture na sinasabi ko.

**"Kung bakla nga si Kit, anung problema? Anung connect nun sa hindi nya paglabas ng kwarto?"**

Napahimas ng batok si Eren. **"Sinabi nya yung totoo sa pamilya nya pero hindi naging maganda yung reaksyon nila. Nagkagulo, kaya kesa masira sila, hindi nalang masyadong nagpapakita si Kit sa Papa nya. Yun nga lang, lumala na ngayon. Hindi na sya lumalabas ng kwarto kahit nung pasko."**

*Tsk!* Mas malala pa pala to sa iniisip ko. Hindi kasi halata kay Kit na meron syang problema'ng ganun.

**"Bakit gusto mo kong magpanggap na girlfriend nya?"**

**"Para sana matapos na yung usap. Sasabihin nalang sana natin na hindi seryoso si Kit dun, na sinusubukan lang nya yung tiwala nila at lalaki talaga sya at ikaw ang patunay."** Paliwanag nya.

Pero hindi ganun yun. Lalu lang mahihirapan sa sitwasyon si Kit kapag nagkataon

**"Sa tingin ko hindi yan ang solusyon."**

**"Anung solusyon?"**

**"Hindi ko alam... Pero mas mabuti kung kausapin natin si Kit."** Sohestyon ko.

**"Hindi kasi ganun kadali yun... Ayaw makipag-usap samin ni Kit. Galit din sakin yun."**

**"Bakit?"**

**"Naalala mo yung away namin ni Mayo? Nasundan pa yun, nung next day after ng christmas party."**

Nagsalubong ang kilay ko kasabay ng pagkadismaya.

**"Anu na naman?! Bakit na naman kayo nag-away?"**

Napakamot na sya ng ulo. Napaka-haba kasi ng usap nila sa totoo lang. Sumasakit na rin ang ulo ko.

**"Matagal ko na kasing alam ang sitwasyon nila----na suportado ko naman----pero itong si Mayo'ng seloso feeling may something kami ni Kit... hellow?! Tunay na lalaki to!"**

Medyo natawa pa ko sa reaksyon nya. Alam ko naman na tunay na lalaki sya. Kahiya naman sa dala-dalawa'ng girlfriend. Pero hanga ako sa kanya kahit bakla ang bestfriend/kinakapatid nya, suportahan taka pa rin ang peg nya.

**"Yun ba yung reason kung bakit ka nya sinuntok sa classroom non?"** Tanung ko.

**"Oo, tsaka inaasar ko sya. Sabi ko bibigyan ko ng chicks si Kit na akala nya totoo."**

Kaya naman pala. Medyo pikon pa naman ang impakto na yun. Muntik na rin kaming mag-away dati nun dahil lang sa asaran.

**"Siguro mas maganda kung kausapin na natin si Kit."** Sabi ko na sinang-ayunan naman nya.

Pumasok kami sa loob, hindi pa man din kami nakakatungtong sa loob dinig ko na ang sigawan ng mga tao.

Huminto sila ng agawin ni Eren ang atensyon nila. Sandali akong nagpakilala at dumiretso na kami sa kwarto ni Kit.

Maganda rin yung bahay nila. May kalakihan at halata'ng may kaya sa buhay.

Huminto kami sa tapat ng pinto ng kwarto ni Kit. Kumatok ako at pinakinggan kung nay magsasalita pero naging tahimik sa loob.

**"Kit... Si Jay-jay to. Pwede ba tayong mag-usap?"** Tanung ko. Wala pa ring nagsasalita o gumagawa ng ingay. **"...Pwede kang magsabi sakin. Kilala mo naman ako diba?"**

May narinig kaming tumunog na bagay sa loob tapos ay yabag ng papa na papalapit sa pinto. Narinig ko pa yung tunog ng doorknob at bahagya'ng bumukas ang pinto.

Papasok na sana si Eren pero sinenyasan ko sya na ako nalang. Nag-nod naman sya at hinayaan akong pumasok sa loob.

Sinara ko yung pinto at sobrang dilim ng kwarto nya. Tanging monitor lang ng laptop nya yung nagbibigay liwanag.

Nakita ko si Kit na naka-upo sa sahig sa tabi ng kama nya. Naupo din ako dun at tinabihan sya.

**"Kamusta? Hindi ka daw lumalabas."** Panimula ko.

Hindi sya nagsalita pero dinig ko ang malalim na paghinga nya. Hanggang sa bigla nalang syang humikbi.

**"Jay... Naguguluhan ako. Hindi ko na alam ang gagawin ko."** Sabi nya at pilit pinipigil ang pag-iyak.

**"Sige lang... Iiyak mo lang yan."** Sabi habang hinihimas sya sa likod.

**"Lalaki talaga ako... Hindi ko alam kung anung nangyari... Basta bigla nalang akong nagising na may mali na sakin."** Huminga sya ng malalim at pinunasan ang luha. Ibinigay ko na din sa kanya yung panyo'ng dala-dala ko. **"...Inalam ko kung anu yun pero wala, basta nararamdaman ko lang sya... Hanggang sa nakilala ko si Mayo... Magkakasama lang kami palagi t-tapos... Hinalikan nya ko."**

Sa totoo lang wala akong ideya sa nararamdaman ng mga kagaya ni Kit. Siguro kasi mas tuwid pa ko sa poste. Pero kahit ganun, dama ko na hirap na hirap sya.

**"...Gumulo na yung lahat... Sinubukan ko syang layuan... Pinilit ko ring ayusin yung sarili ko... Lahat na ata ng away sinalihan ko pero ganun pa din..."**

Naguguluhan ako. Gusto kong magtanung sa kanya pero alam kong hindi ito yung tama'ng oras para mang-intriga ako.

**"...Makulit si Mayo... Ayaw nya kong tigilan... Hanggang sa nito ko nalang na-realize na... Nahuhulog na ko sa kanya..."**

Huminga sya ng malalim at pilit pinunasan ang mga luha nya. Huminto sya sa pagsasalita. Sinandal din nya ang ulo nya sa kama sa liko namin.

**"Kit..."** Tawag ko sa kanya. **"...Hindi naman solusyon sa problema mo yung pagkukulong dito eh."**

**"Eh anung gagawin ko? Lumabas at ipag-sigawan sa lahat na bakla ako?!"** May halong inis ang boses nya.

**"Tsk! Hindi ganun, hindi yun yung ibig kong sabihin."**

**"Naiintindihan ko Jay..."** Halos pabulong nyang sabi.

Pareho kaming tumahimik. Tinignan ko yung paligid ng kwarto nya. Dahil sa sobrang dilim, bahagya lang nun ang nakikita ko.

Napatingin ako sa laptop nya. Panay kasi ang tunog nun. Mukang may email or chat sya.

**"Si Mayo yan..."** Sabi ni Kit.

**"Bakit hindi mo sagutin?"**

**"Ayoko... Tsaka hiwalay na kami. Bakit ko pa sya kakausapin?"**

*Hiwalay?!*

Hutang'na! Hindi kinaya ng pandinig ko yung salitang '*hiwalay*'. Ibig sabihin----*Holy cow kalabaw*!

Ganito pala yung pakiramdam na malaman mo yung dalawang malapit sayo na inakala mong tunay na lalaki, eh may something pala!

*Aarrggghhhh...*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Kit. **"...pwede mo ba kong tulungan?"**

**"Anu yun? Gagawin ko hanga't kaya ko."**

**"Tulungan mo kong maging tunay na lalaki ulit."** Sabi nya at bigla nalang inilapit ang labi nya sakin.

Halos mapahiga ako sa pagkabigla pero sa halip na tumigil tinuloy pa rin nya ang paglapit sakin.

**"Kit! Wag!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 125

**Author's note:** Happy New Year!!!

Yung link po ng fb group ay nasa aking account na makikita sa '*About*'. Thank you!!

**New Year, new *hmmm*..**

***Jay-jay's POV***

**"Kit... Sorry talaga."**

**["*Okay lang, kasalanan ko din naman. Sorry din.*"]** Sagot sakin ni Kit mula sa kabilang linya.

**"Pahinga kana... Happy new year."**

**["*Happy new year din. Salamat Jay.*"]** Sabi nya bago tuluyang patayin ang tawag.

Nahihiya ako sa kanya. Sinubukan nya kasi akong halikan. Ayun! Nasuntok ko sya, pasa ang muka. Nabigla kasi ako kaya kusa ng gumalaw ang kamay ko para suntukin sya.

Pero dahil naman dun parang natauhan sya at naisipan na ring lumabas ng kwarto nya. Hindi nga lang sila nagbabatian ng Tatay nya.

*Awtsu!*

Ang hirap ng kalagayan nya. Dapat ko na rin atang kausapin si Mayo. Kailangan kong marinig yung side nya at balak na rin nyang gawin.

Medyo naguluhan nga lang ako sa sinabi sakin ni Eren at Kit. Bisexual daw si Mayo at hindi lang daw si Kit ang nakarelasyon nitong lalaki.

Alam ko ibig sabihin ng Bisexual, pero naguluhan ako kay Mayo. Hindi kasi mahahalata sa kanya na ganun sya.

*Alam kaya nila Keifer to?*

Yun pa pala isang problema. Kung alam na nung Kumag na yun yung totoo malamang gumawa na sya ng paraan para mapalayas tong dalawa sa Section E.

Pero kung hindi pa, anung gagawin nya kapag nalaman nya? *Haaaiiizt* Ayokong isipin. Kawawa sila kapag nagkataon.

Narinig ko yung malalakas na fireworks sa labas. Wala pang 12 pero kung makapag-sindi ng paputok wagas.

*Kayo na mayaman!*

Hindi kasi kami namili ng kahit anung klase ng fireworks. Hindi daw kasi kami dito mag-celebrate. Meron daw kaming pupuntahan.

Speaking of pupuntahan, hindi pa ko nag-aayos. Mabilis akong tumakbo ng banyo para maligo. Kailangan fresh kapag sinalubong ang bagong taon.

Mabilis ang naging kilos ko. Paglabas ng banyo napahinto ako ng makita ko si Tita Gema na naghahalungkat sa kabinet ko.

**"Bakit po Tita?"** Tanung ko.

Sandali nya kong tinignan at ngumiti. **"Ipipili kita ng susuotin mo."**

*Huh?!*

**"Hindi na po kailangan... Okay na po ako sa Pants at Shirt."**

**"Hindi pwede... Party yung pupuntahan natin. Dapat naka-dress ka."**

*Naka-dress?*

Parang ayoko na pumunta. Dito nalang ako sa bahay. Dalawa nalang kami ni Snorlax na mag-celebrate.

**"Tita, masama po pakiramdam ko. Hindi na po pala ako sasama."** Sabi ko habang umaarteng masakit ang ulo.

**"Tigilan mo ko Jay... Hindi uumbra sakin----ay eto nalang!"** Biglang sabi ni Tita habang hawak-hawak ang isang puting dress.

*Eh naku!*

**"..suot mo! Dali!"** Excited na utos ni Tita sakin.

Next time nga, lahat ng dress sa kabinet ko susunugin ko na.

Wala akong nagawa kundi kunin yung dress at isuot yun. Kasya naman sakin pero hindi kasi ako komportable.

**"Bagay sayo..."** Sabi ni Tita at sinipat-sipat yung damit.

Bigla nya kong pina-upo sa kama. Nanguha sya ng suklay at nagsimulang ayusin ang buhok ko. Sa totoo lang ayoko ng ganito. Kayalang nahihiya ako sa kanya.

Inipitan nya yung buhok ko at nilagyan ako ng parang head band.

**"Yan... Lalagyan kita make up mamaya."** Sabi ni Tita.

*Hm?!*

**"Ganito nalang po Tita... Okay na po ako ng ganito."**

**"Hindi! Dapat may make up ka kahit kaunti."** Pagpipilit nya.

Napilitan akong ngumiti at mag-nod. Para akong manika nito na inaayusan ni Tita.

Nagpaalam na sya sakin. Sya naman daw ang mag-aayos at magbibihis. Iniwan nya ko sa kwarto habang nakatingin sa salamin.

Hindi pa ko nag-aayos ng ganito. Kahit nung prom namin sa dati kong school hindi din ako nag-ganito. Kasi hindi naman ako umattend.

Kinuha ko yung bag na maliit na kapartner daw ng damit ko. Lumabas na ko ng kwarto at dumiretso sa sala. Si Kuya at Aries palang yung andun.

Pareho nila kong tinignan.

**"N-nice.."** sabi ni Kuya.

**"Pwedeng mag-pants at shirt nalang ako?"** Paalam ko sa kanya.

Agad na nagsalubong ang kilay nya. **"Tumigil ka."** May halong pagbabanta sa boses nya.

*Pfffttt...*

Pabagsak akong naupo sa sofa na katapat ng inuupuan ni Aries. Naka-polo sya at aaminin ko ang gwapo nya tignan ngayon.

Yun nga lang, seryosong seryoso na naman yung itsura nya. Hindi maintindihan kung galit sa mundo o sa sarili nya.

Sandaling tumunog ang cellphone nya. Tumayo sya agad at nagpaalam kay Kuya. Susunduin daw nya si Ella.

May ilang sandali pa kaming naghintay. Napansin kong parang hindi mapakali si Kuya Angelo. Para syang natatae na ewan.

**"Napapanu ka?"** Tanung ko sa kanya.

Umiling lang sya at nagpatuloy sa ginagawa. May ilang sandali pa at parang meron syang gustong sabihin sakin.

**"Bakit?"** Tanung ko ulit sa kanya.

**"Jay... Yung kaibigan mong si Yuri. How is he?"** Tanung nya sakin.

*Si Yuri?*

**"Ayos lang... Nasa Japan pa yata sila."**

Nag-nod naman sya. **"Did he say something to you before he travel?"**

*Meron ba?*

Wala naman, except sa inaya nya kong magpakasal.

Umiling ako kay Kuya. **"W-wala naman... Bakit?"**

Huminga sya ng malalim. Hinawakan din nya yung sintido nya. **"Do you like him?"**

*Hm?*

**"H-ha?"**

Napapanu ba tong si Kuya? Nakakabigla sya! At bakit ba sya naging interesado kay Yuri? *Mygudness!*

Hindi na nagsalita pa si Kuya Angelo. Dumating sila Tita Gema at Lola. Kasunod nila si Tito Julz.

**"Tara na. Tara na. Baka malate tayo."** Sabi ni Tito at dumiretso sa garahe.

Sumunod naman kami sa kanya. SUV yung sinakyan namin. Magkatabi kami nila Tita at Lola. Si Kuya Angelo ang driver at nasa tabi nya si Tito.

**"Saan po yung party'ng pupuntahan natin?"** Tanung ko sa kanila.

Walang sumagot sakin. Ngumiti lang si Tita at Lola pero umiwas naman ng tingin si Tito.

*Anung meron?*

Habang nasa byahe, nakatingin lang ako sa labas hangang sa may matanaw akong pamilyar na gusali.

Yung building nila Yuri. Mukang dun rin ang punta namin. Huminto si Kuya sa tapat ng main entrance. Inabot nya yung susi ng kotse sa isang lalaki at sunod-sunod na kaming nagbabaan.

Entrance pa lang pamatay na. Ang laki ng chandelier.

*I wanna swing... Like a---huh?!*

Napakanta nalang ako bigla. Anu ba yan?!

Huminto kami sa tapat ng elevator at hinintay na magbukas yun. Nakagitna ako sa kanilang lahat. Pagbukas ng pinto ng elevator pumasok na kami.

Kami lang pasahero kaya kinuha ni Tita yung pagkakataon at nilabas yung face powder nya. Pinahidan nya ko sa muka tapos kumuha naman sya ng lip gloss at nilagyan ako sa labi.

**"Ayan! Maganda kana!"** Sabi ni Tita.

Yung hindi kana nakapalag at nakagalaw----*ako yun eh!*

Sandali kaming tumahimik hanggang sa bigla nalang nagsalita si Lola.

**"Jay... Kahit na anung mangyari. Wag ka muna sanang magagalit samin. Pakinggan mo muna ang paliwanag namin."** Sabi ni Lola.

Medyo naguluhan ako dun sa sinabi nya. Magtatanung palang sana ako kung anu ibig sabihin nun kayalang bumukas na yung pinto ng elevator.

Lumabas na silang lahat kaya sumunod na ko. Naglakad kami sa hallway na pang-mayaman. Nangingintab kasi yung sahig, kita ko reflection ko.

*Ay nakikita ko yung short ko!*

Huminto kami sa tapat ng malaking pinto na may flower vase sa magkabilang side. Kinausap si Kuya Angelo nung parang crew at binuksan nun yung pinto.

Isa lang ang masasabi ko. *Bungga!*

Bukod sa ang daming tao, ang gaganda ng suot nila. Halatang mga saksakan ng yabang----yaman yung mga andito. Yan na naman yung chandelier.

May mga naglalakihang round table sa gilid. Dance floor naman yung gitna para sa mga taong feel na feel ang music at gustong sumayaw.

Hinatid kami nung crew sa table namin na medyo malapit sa stage. Andun na si Aries at Ella.

*Wow! Nauna pa sila...*

Uupo na sana ako ng may makita akong pamilyar na tao. Parang nakita ko si Keifer.

**"Jay..."** Tawag sakin ng kung sino.

Hinarap ko naman kung sino yun. *Yuri!* Lumapit ako sa kanya.

**"Nakabalik kana... Pasalubong ko?"** Tanung ko habang nakalahad ang palad sa kanya.

Tinawanan lang nya ako habang naghihimas ng batok.

*Yun na yung pasalubong ko? Tawa?*

**"Happy new year."** Sabi nya.

**"Sayo din... Pasalubong ko?"** Pag-uulit ko.

Tumawa na naman sya. Bigla nalang nyang kinurot yung pisngi ko.

**"Later."** Sabi nya at naglakad palapit sa table namin.

Susunod sana ako sa kanya pero may kamay na humawak at humatak sakin papunta sa gitna kung saan may mga nagsasayaw.

Paghinto namin, sya namang hawak nya sa isang kamay ko at sa baywang naman yung isa. Sa sobrang gulat late ko na napansin na nagsasayaw na pala kami.

Tinignan kong mabuti yung kaharap ko. Si Keifer ba to? Bakit ang gwapo nyang tignan ngayon? Pareho pa silang naka-toxido ni Yuri.

**"I know, i look handsome but no need to stare like that."** Sabi nya at nag-smirk.

*Ay kapal!*

**"Yabang mo."**

Tinawanan lang nya ko. Napatitig nalang ako bigla sa kanya. Ayos na ayos kasi yung buhok nya. Hindi na nagulo kagaya dati at kitang kita ko yung hikaw nya.

Gandang ganda kasi talaga ako sa hikaw na suot nya. Marami namang kamuka yun pero yung suot nya yung pinak-gusto ko.

**"You look pretty."** Sabi nya na nagpabilis ng tibok ng puso ko.

*Pretty daw oh! Ahihihihi..*

**"Wala akong ipang-lilibre sayo. Nasa pautang pa rin pera ko."** Sagot ko sa kanya.

**"Tss. You don't know how to accept compliment, do you?"**

**"I know. Hindi lang ako sanay na marinig sayo yan."**

Bahagya syang tumawa. Totoo naman eh, hindi naman nya ko pinupuri. Baka kasi holiday ngayon kaya pinagbibigyan nya ko.

**"Anu nga pa lang meron sa party na to?"** Tanung ko sa kanya.

**"You'll know later."** Sagot nya at bigla nalang syang tumigil sa pagsayaw at binitiwan ako.

Ngumiti sya sakin at lumakad paalis. Naiwan ako sa gitna. Bigla nalang namatay ang ilaw maliban sa spotlight sa stage at nagpalak-pakan ang mga tao.

**"Good evening ladies and gentlemen!"** Sabi ng isang lalaki sa stage habang naka-mic. **"...And Happy New Year!"**

Mabilis namang bumalik ng bati ang mga tao.

**"Thank you! Thank you!"** Sabi nya at tinaas ang kamay para patahimikin ang mga tao. **"...aside from celebrating New Year we are also celebrating Mr. Yuri Hanamitchi's birthday!"**

Bigla nagpalakpakan ang mga tao at tumingin...sakin? *Hm?!*

Pagtingin ko sa side ko, katabi ko na pala si Yuri. Ngumiti sya at kumaway sa mga tao.

**"Birthday mo pala?"**

Nag-nod sya sakin. **"At exactly 12:30am of January 1."**

*Cool!*

**"We also would like to announce the partnership of Hanamitchi's and Fernandez's Corp!"** Sabi ulit nung lalaki sa stage at panibagong palakpakan na naman.

Fernandez? Sila Kuya Angelo yun ah. May ganun pala sila kila Yuri. Hindi kasi ako aware sa mga ganyan-ganyan nila.

**"...and as a symbol of there partnership we would like to announce Mr. Yuri Hanamitchi and Jasper Jean Fernandez Mariano's engagement!"**

Gusto ko sana maki-palakpak. Pero may mali, pangalan ko yung binanggit nila at may kaduktong na *engagement*. Naguguluhan ako!

Hinawakan ni Yuri yung baywang ko at bahagya akong inilapit sa kanya. Napatingin nalang ako sa kanya habang patuloy sya sa pag-ngiti at pagkaway sa mga tao.

**"Y-yuri... Anu ibig sabihin nun?"**

Taka nya kong tinignan. **"Wala bang binanggit sayo sila Angelo?"**

*Meron! Kaya nga nagtatanung eh!*

**"Jay... This is a business deal between Angelo and Tanda. We're getting married."**

Sa sobrang pagkabigla, ayaw nagsink in sa utak ko ng mga sinasabi nya. Hindi ko na rin namamalayan yung nangyayari sa paligid ko.

Late ko na napansin na kusa na pala akong naglakad palabas habang umiiyak. Pakiramdam ng pinagmuka kang tanga ng mga tao sa paligid mo. Ganyan ako ngayon eh.

*A-anu to? Bakit ganito?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 125.02

**New Year, new *hmmm..***

***Jay-jay's POV***

Kung saan ako papunta? Hindi ko alam. Sinubukan kong dumiretso sa may restroom nila pero napakaraming tao. Naisip kong pumunta sa may elevator pero naka-abang si Yuri dun. Napilitan akong pumunta sa fire exit.

Kayalang... *Tang'na naman!* Kung kelan feel kong mag-run away dun ko pa mapapansin na nasa 34th floor pala kami.

Napa-upo nalang ako sa isang baitang ng hagdan. Dun ko na binuhos yung luha kong kanina ko pa pinipigilan.

Sana panaginip nalang to. Sana hindi totoo yung mga narinig ko. Sana iba yung ibig sabihin nung sinabi ni Yuri.

*Ayoko pang magpakasal... Ayoko!*

**"Jay..."** Tawag ng kung sino.

Agad kong pinunasan yung nga luha ko. Hindi ko na tinignan kung sino sya.

Naupo sya sa tabi ko at iniabot sakin ang panyong hawak nya.

**"Iwanan mo muna ko Kuya."** Pakiusap ko pero parang mas tunog nag-uutos yun dahil na rin siguro sa sama ng loob ko.

**"Noon ko pa sana ipapaliwanag sayo to pero hindi ako makakuha ng pagkakataon."** Sabi nya.

Tinignan ko sya ng may galit. Gusto kong ipakita at iparamdam sa kanya yung sama ng loob ko.

**"Bakit ako?! Oo, may utang na loob ako sa inyo! Pero hindi ibig sabihin nun na kontrolado nyo na lahat sakin!"**

Tinignan ako ng masama ni Kuya. Alam kong nakakabastos yung mga sinabi ko at tono ng pananalita ko sa kanya.

**"...Hindi nyo man lang hiningi ang opinyon ko!"** Pagtutuloy ko.

**"Jay... Nakausap na namin ang Mama mo tungkol----"**

**"At bakit sya ang kinausap nyo tungkol dito?!"** Halos pasigaw kong sabi.

Lalu akong naimbyerna ng marinig ko yung sinabi nya.

**"Dahil sya ang Nanay mo! Sya pa rin ang magulang mo!"** Galit na sabi ni Kuya.

Aaminin ko natatakot ako. Tuwing sumisigaw si Kuya dahil sa mga ginagawa ko, nanginginig ako. Anu pa ngayon seryosong seryoso ang mga tingin nya sakin.

*Pero ayokong magpatalo!*

**"Si Mama kinausap nyo, eh si Papa! Hiningi nyo ba permiso nya?!"**

Hindi sumagot si Kuya. Tumayo sya at akmang lalakad paalis.

**"Bakit ba sakin nyo ginagawa to?!"** Galit na tanung ko at kasabay nun ang pagbagsak na naman ng luha ko.

Huminto si Kuya at dinig ko ang malalim na paghinga nya.

**"Pamilya ka namin Jay... When Mr. Yuori ask your hand for his grand child i said '*No*'. Pero pagkakataon na ang gumawa ng paraan para matuloy yun."** Mahinahong paliwanag ni Kuya. Humarap sya sakin at tinignan ako. **"...I hope you understand. This is not just about the company, this is also about you. Magandang buhay ang naghihintay sayo."**

**"Pero kuya..."** Sabi ko at lalung lumakas ang pag-iyak ko. **"...ayoko. Gusto kong mag-aral. Gusto kong nagtrabaho. Gusto kong makuha yung mga bagay na gusto ko ng pinagtatrabahunan ko."**

**"Gusto mo pala ng mga bagay na yan, sana inayos mo yung buhay mo!"** Panunumbat nya.

**"Kasi nga.... Kailan ko lang nalaman na gusto ko yun!"** Huminga ako ng malalim. **"...Kuya!"**

**"Jay-jay! Sundin mo ko! Pumayag na si Tita Jeana, matutuloy to sa ayaw at sa gusto mo!"** Galit na sabi nya.

Nag-echo ang boses nya sa buong fire exit, dahilan para kilabutan ako. Hindi ko na naitago yung takot na kanina ko nararamdaman.

**"Minsan ko ng nakasama si Yuri st wala akong nakikitang problema sa kanya."** Dagdag nya.

**"Ayoko nga!"** Sigaw kasabay ng pag-iyak ko.

**"Jay! Anu ba?!"**

**"Hindi nyo na nga ako hinayaan na makita o makausap si Papa tapos ganito pa gagawin nyo sakin!"** Sumbat ko dahilan para hawakan ako ni Kuya Angelo sa braso at tignan ng taimtim sa mata.

**"I don't want to hear that again from you! Matagal ka ng iniwanan ng Papa mo kaya wag mo na syang babanggitin pa!"**

Patulak akong binitiwan ni Kuya. Napasandal ako sa pader ng hindi sadya. Masakit pero mas masakit yung nasa loob ko.

Pakiramdam ko wala na kong kontrol sa buhay ko. Para nalang akong manika na pinaglalaruan ng mga tao sa paligid ko.

Galit na binuksan ni Kuya yung pinto ng fire exit at tuloy tuloy na naglakad. Naiwan akong nakasalpak sa sahig at patuloy sa pag-iyak.

**"Jay-jay, Apo!"** Tawag sakin ni Lola kaya inangat ko yung tingin ko sa kanya.

Naupo sya sa tabi ko at agad akong yumakap sa kanya.

**"Lola! Si Kuya..."** Parang batang sumbong ko.

**"Ssshhh... Tahan na Apo. Magiging okay din lahat."** Sabi habang hinihimas ako sa likod.

**"Ayoko po... Ayoko pa magpakasal..."**

**"Alam ko yun..."**

Patuloy pa rin ako sa pag-iyak. Halos masira na yung ayos ng buhok ko. Nadumihan na rin yung damit ko pero hindi pa rin ako tumitigil.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal ni Lola na naka-upo sa sahig. Tumigil lang ako ng maramdaman ko yung pagtuyo ng lalamunan ko sa kaka-iyak.

Pinunasan ni Lola yung muka kong basang basa ng luha at sipon.

**"Wag kang magalit kay Kuya mo... Iniisip lang nya yung makakabuti sa lahat."** Sabi nya habang pilit inaayos ang buhok ko.

**"Sa lahat o sa kanya?"**

**"Jay... Naririnig mo ba yung sarili mo? Nagiging sarado yung utak mo. Pakinggan mo muna kami."**

Tama si Lola kaya napayuko ako at tumahimik. Dahil sa galit ko naging sarado yung isip ko sa mga paliwanag ni Kuya.

**"Kapag kinasal kayo ni Yuri, maliligtas ang kumpanya nila Kuya at Tita mo. Magkakaroon ka ng magandang buhay at may pagkakataon**

**kapang makapag-aral sa ibang bansa. Baka matulungan ka din nila na maka-usap ang Papa mo."** Paliwanag ni Lola.

**"Pero La... Panu yung kalayaan ko nun? Wala pa kong 20 pero nakatali na ko sa kasal. Panu yung mga gusto kong gawin?"**

Hinawakan ni Lola yung isang kamay ko. Hinimas-himas din nya yung pisngi ko.

**"Yung bagay na yun, kayang kayang ibigay sayo ni Yuri. Kung hindi mo napapansin pero gusto ka nya at kita ko sa mga mata nya na gagawin nya lahat maging masaya ka lang."**

*Kung hingin kong itigil nya yung kasal?!*

**"...Pag-isipan mong mabuti."** Dagdag ni Lola bago tumayo.

Tumayo na rin ako. Pinagpag ko yung damit kong nadumihan na ng kadramahan ko.

Lumakad na kami paalis ng fire exit. Sinalubong kami ni Tita na halatang nag-aalala.

**"Jay... Saan ka nagsuot? Ang gulo na ng ayos mo."** Sabi nya at pilit inilagay sa ayos yung head band ko.

**"Bumalik na tayo sa loob, hinahanap na tayo ng pamilya ni Yuri."** Utos ni Kuya na mukang kanina pa rin kami hinihintay.

Inayusan muna ko ni Tita kahit sandali. Nilagyan ng face powder at lip gloss ulit. Ng matapos pumasok na kami sa loob.

Bumalik kami sa table namin kanina kung saan kausap ni Tito Julz si Yuri.

**"Hey..."** Bati nya sakin.

Nagpilit lang ako ng ngiti.

**"Sorry kung nabigla ka sa mga nangyari. It's not my intention----"**

**"Okay lang Yuri."** Putol ko sa sasabihin nya.

Tinignan nya ko sa mga mata. **"If you don't want this engagement, i will talk to them right now."**

Agad na-alarma si Kuya. Sinubukan pa nyang lumapit samin pero hinarangan sya ni Tito Julz.

Gumanti ako ng hawak sa kamay ni Yuri. Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko.

**"Yuri... O-okay lang. I will marry you."** Halos pabulong kong sagot.

**"T-totoo? You accept my proposal?"** Hindi makapaniwalang tanung nya sakin.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya. Bigla nalang nya kong niyakap. Hindi na ko nakagalaw sa pagkabigla.

**"You don't know how happy i am."** Bulong nya sakin.

Binitiwan nya ko at hinalikan sa noo. **"Sasabihin ko lang to sa parents ko."** Paalam nya at naglakad na paalis.

Tumingin ako Kuya. **"Masaya kana?"**

Hindi sya sumagot umiwas lang sya ng tingin. Napatingin ako kay Aries, halatang hindi sya natuwa sa desisyon ko. Bigla nalang syang nag-walk out at agad namang sumunod si Ella sa kanya.

Kahit ako hindi masaya sa desisyon ko. Hindi ako sigurado kung tama ba to. Tama naman kasi si Lola at isa pa, gusto ko din naman si Yuri pero....

*Si Keifer.*

Kusa nalang hinanap ng mga mata ko si Keifer. Nasa bar sya at umiinom na naman ng alak. Nakatingin sya sakin ng walang reaksyon.

Ngumiti ako sa kanya pero inirapan nya ko. Napayuko nalang ako.

Sa totoo lang may kakaiba sa tingin nya. Hindi ko masabi kung anu pero hindi yun yung karaniwang binibigay nya sakin.

Nagpaalam ako kila Tita na mag-babanyo muna. Hinayaan naman nila ko.

Pagdating dun, may dalawang babae ang panay ang kasatan sa harap ng salamin. Mukang matanda sila sakin. Naglalagayan sila ng lipstick at eyebrow.

Hindi ko nalang sila pinansin at dumiretso sa cubicle. Pagka-upo na pagka-upo ko narinig ko agad ang pangalan ko sa kanila.

**"Kilala mo ba yung Jasper Jean? Yung fiancé ni Papa Yuri."** Sabi nung isa.

**"Hindi... Nawala na pagdating ko."**

**"Hindi naman maganda. Mainarte pa, patakbo-takbo pang nalalaman."**

**"Kung ayaw nya kay Papa Yuri, sakin nalang."** Sagot nung isa at nagtawanan sila.

Ewan ko, pagod na pagod yung katawan ko. Tapos nay maririnig pa kong ganito.

Lumabas na ko ng cubicle at dumiretso sa lababo para maghugas ng kamay. Kahit hindi ko sila tignan alam kong pinagtatawanan nila ko at pinagbubulungan.

*Tang'na! B*tch mode: On!*

Tinignan ko sila sa reflection ng salamin. Nagawa pa nila kong pagtaasan ng kilay habang tinitignan mula ulo hanggang paa.

**"Yeah, i'm not that pretty... Pero sakin parin ang bagsak ni Yuri."** Sabi ko at nag-smirk.

Naglakad na ko paalis. **"Goodbye, b*tches!"** Sigaw ko bago tuluyang makalabas ng restroom.

Hindi ko talaga ginagawa yun, kayalang nagpatong-patong na yung nararamdaman ko. Feel kong manapak!

Pabalik na sana ako ng biglang dumaan si Keifer sa harap ko. Hindi man lang nya ko tinignan. Tuloy-tuloy sya at huminto sa tapat ng elevator.

Pipindutin na sana nya yung buton pero bigla syang huminto at dahan-dahang tumingin sakin. Napatigil nalang ako bigla. Yan na naman kasi yung kakaibang tingin nya.

Parang meron syang iniisip. May ilang sandali pa kaming nagtitigan. May kung anu sakin na nag-uutos na lumapit ako sa kanya.

Hahakbang na sana ako pero umiwas ng tingin si Keifer at tinuloy na nya yung pag-pindot dun sa buton ng elevator.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Bakit nga ba ako lalapit sa kanya? Wala namang dahilan para kausapin ko sya.

Tumalikod na ko at naglakad pero hindi pa ko nakakalayo ng may biglang humawak sa braso ko at tuloy-tuloy akong hinatak papasok ng elevator.

**"K-keifer."**

**"Gusto mo ba si Yuri?!"** Tanung nya sakin.

Napatitig nalang ako sa kanya. Nakakabigla kasi yung nga pinag-gagawa nya. Idagdag pa yung mga pinag-tatatanung nya sakin.

**"Gusto mo ba sya?!"** Pag-uulit nya.

**"Keifer... A-anu----"**

**"If you won't answer me i will kiss you!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 125.03

**New Year, New *hmmm***

***Jay-jay's POV***

Panu ako magsasalita? Panu ako sasagot sa tanung nya? Hindi pa man din bumubuka yung bibig ko para magsalita, nakadikit na yung labi nya sa labi ko.

Sinubukan kong pumalag pero hinawakan nya yung dalawang kamay ko at dinikit sa pader ng elevator. Iniwas ko yung muka ko pero sumusunod lang sya.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal na ganun. Huminto sya para maghabol ng hangin at kinuha ko yung pagkakataon na yun.

**"KEIFER! BITIWAN MO KO!"** Galit na sigaw ko sa kanya.

**"Then answer my question."** Mapang-asar nyang sagot sakin.

Sobrang lapit nya, amoy na amoy ko yung alak sa hininga nya. Hindi ko alam kung lasing na sya o anu.

**"Panu ako sasagot kung----"**

Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko. Nakadikit na naman yung labi nya sa labi ko.

*Tongono nomon!*

Humiwalay ulit sya at tinignan ako ng may halong pang-aasar.

**"Next time, don't put lip gloss. It's tempting me to kiss you."** Sabi nya at nag-smirk.

Okay, lasing na sya. Lasing na talaga sya!

**"TANG'NA KEIFER!"** Sigaw ako at mas lalong lumapad ang ngiti nya.

**"Profanity!"**

*Putik naman!*

Hahalikan na naman sana nya ko ulit ng biglang tumunog yung bell ng elevator. Binitiwan nya ko pero nakaharap pa rin sya sakin at nakasiksik kami sa sulok.

Bumukas yung pinto ng elevator at tuloy-tuloy na pumasok yung mga tao. Sa dami nila, nagmuka kaming sardinas sa loob. Nakita ko pa si Yuri kaya agad akong nagtago.

Pilit akong sinisiksik nitong Hari ng mga Ulupong kaya tinignan ko sya ng masama. Napahawak na sya sa pader ng elevator sa kawalan ng balanse dahil sa mga tao.

**"Excited na ko sa fireworks."** Dinig kong sabi ng isa sa kasama namin sa elevator.

*Fireworks?!*

Pakshit! Anung oras na ba?! Inabot na kami ng new year dito sa elevator. Pisti kasi tong impaktong kumag na to!

**"You owe me a kiss."** Bulong ni Keifer na nagbigay ng kilabot sakin.

Ang ending may utang pa kong halik sa kanya. Langya! Kahiya naman sa ginawa nya sakin.

Bumukas yung pinto ng elevator. Bigla nalang naglakad si Keifer palabas kasabay ng mga tao.

Naiwan akong nakatanga sa sulok ng elevator. Napasandal nalang ako sa panghihina.

*Nakaka-gago naman kasi!*

**"Jay-jay?"** Tawag ng kung sino.

Napa-diretso ako ng tayo. Inayos ko din yung damit ko.

**"Andyan ka lang pala... Kanina ka pa namin hinahanap."** Sabi sakin ni Yuri.

Naglakad ako palapit sa kanya. Dun ko lang napansin na nasa rooftop pala kami. Halos katabi lang ng mismong bahay nila Yuri na nasa rooftop din. Mababa lang yung mismong kinalalagyan namin kesa sa pwesto ng bahay nila.

**"N-nakita ko kasing nagpunta dito yung mga tao kaya sumunod na ako."** Palusot ko.

**"Ahh.. buti naman. Kasi andito na rin sila Kuya mo."** Sabi nya sabay turo sa pwesto nila Kuya.

Nag-nod lang ako sabay pilit ng ngiti.

**"Let's go?"** Tanung nya sabay alok ng braso nya sakin.

Medyo matagal bago ko maisipang hawakan yun. Nag-aalangan pa ko pero ginawa ko pa din.

Inalalayan nya ko sa paglalakad. Paglapit namin kila Lola, napansin ko agad yung kausap nila.

*Parents ni Yuri!*

**"Andito na sila..."** Sabi ni Tita.

Bumitaw ako kay Yuri at lumapit sa kanila. Inayos ni Tita sandali yung buhok ko na malamang sa nagulo dahil sa animal na yun.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...I want you to meet your future in laws."** Sabi nya habang inaakbayan ang Mama nya.

Salamat sa fb post ni Yuri nung pasko at nakilala ko sila.

**"*Otosan* is right. She's pretty."** Sabi nung Papa nya.

Gusto ko sanang kiligin at magpabebe sa harap nila pero wala ako sa mood. Nagpilit nalang ako ng ngiti.

**"T-thank you po."** Sabi ko.

Napatingin ako sa Mama ni Yuri na titig na titig sakin. Para bang binabasa nya ng mabuti yung itsura ko. Hindi ko maiwasan na hindi mailang.

**"*Hahaoya?*"** Sabi ni Yuri sa Mama nya na hindi ko alam ang ibig sabihin.

**"Pamilyar ka sakin."** Sabi sakin ng Mama nya. **"...Hindi ba ikaw yung kahalikan ni Keifer sa elevator kanina?"**

Nanigas ang katawan ko. Pinilit kong hindi mag-react kahit lahat sila nakatingin sakin at naghihintay ng sasabihin ko.

**"How come?"** Tanung Yuri.

**"I try to catch the elevator before the door close, but i saw Keifer inside making out with a girl."** Paliwanag ng Mama nya.

**"Panu mo naman nasabi na si Keifer yun?"** Tanung pa ng Papa ni Yuri.

**"What kind of question is that? It's Keifer... Halos satin na sya lumaki kaya kilala ko na kahit kuko pa lang nya."**

Napatingin ako kay Kuya Angelo na kasalukuyang umiinom ng alak. Masama ang tingin nya sakin na parang nagsasabi ng '*Mag-uusap tayo mamaya!*'.

**"Oh wait! Forget what i said. Napagkamalan lang kita. Akala ko kasi iisa ka lang na naka-white dress dito."** Sabi ng Mama nya sabay turo kay

Keifer na may kinakalantari na namang babaeng naka-white dress din.

May hawak pa syang baso na may alak. Panay ang tawa nung babae at ngiting ngiti naman ang luko.

*Animal!*

Ang landi talaga ng impaktong to. Matapos akong **bleep** kanina sa elevator tapos eto na naman sya. *Putnam!*

Tengeneng susunugin ko na talaga mga dress ko sa kabinet. Kingina! Nakaka-imbyerna tong Hari ng mga Ulupong na to.

**"Wait lang ah?"** Sabi nung Mama ni Yuri at bigla nalang lumakad palapit kay Keifer.

Akala ko kung anong gagawin nya, medyo nagulat pa ko ng hatakin nya sa tenga yung Hari ng nga Ulupong. Kita ko yung inis at sakit sa pagmumuka ni Keifer pero wala syang magawa.

Huminto sila harap namin at pilit itinabi si Keifer kay Yuri.

**"Aw..."** Bulong ni Keifer habang hinihimas ang tenga nya.

**"Honey... Hindi mo naman kailangang hatakin si Keifer ng ganun."** Sabi nung Papa ni Yuri.

**"Gusto ko lang... Pasaway kasi ang batang yan."** Nakangiting sagot nung Mama nya.

**"Ikaw yung Keifer?"** Biglang tanung ni Lola at tinignan ako.
**"...Gwapong bata din pala."** Bulong nya sakin.

Pinandilatan ko ng mata si Lola. Ngayon pa talaga nya naisipang sabihin sakin yun. Feeling ko naniwala talaga sya sa sinabi ni Ci-N na si Keifer nga ang boyfriend ko.

**"Yeah... And i guess, kayo po Mama ni Jay-jay."** Sagot ni Keifer kay Lola.

**"Hindi... Ako Lola nya."**

**"Talaga? But you look to young to be a grandmother."** Pambobola ni Keifer.

*Putik!* Talandi talaga ang luko. Pati Lola ko binola pa.  Agad namang namula si Lola sabay hawak sa pisngi nya.

**"Nahiya naman ako sa sinabi mo."** Sabi ni Lola.

*Ay... Feeling teenager.*

**"Ang aga naman atang alak nyan Keifer?"** Bati nung Papa ni Yuri sa hawak nya.

**"I'm just enjoying the night."** Sagot nya sabay inum.

**"Asan nga pala si Keigan and Keiren?"** Singit ni Yuri.

**"Nasa bahay... Ayaw nila ng ganitong Party. Mas gusto nilang matulog."**

*I feel them...*

Mas masarap talagang matulog. Lalu sa sitwasyon ko ngayon. Tapos wala ng gisingan.

**"Andito pala si Aries?"** Puna ng Mama ni Yuri ng makitang palapit samin si Aries at Ella. **"...Look at the three of you. Mga binata na kayo. Samantalang dati lagi kaming nakiki-usap kay Angelo para disiplinahin kayo."**

Yung biglang naging awkward. Umiwas ng tingin si Keifer at bigla nalang napa-yuko si Yuri. Nagtinginan naman si Ella at Aries.

**"...Sayang nga lang, wala na si Percy."** Dagdag pa nito na lalung nagpabigat ng pakiramdam namin.

**"Sayang talaga, right Aries?"** Sabi ni Keifer dahilan para magsalubong ang kilay ni Aries.

Nagtinginan kami ni Yuri. Para kasing nanadya ang isang to. Naghahanap yata sya ng away.

Hindi ko alam kung hanggang kelan namin itatago kay Aries na buhay si Percy at ilang beses na syang nagpapakita sakin.

Binalik ko yung tingin ko kay Keifer at hindi nakaligtas sakin yung titig nya kay Ella. Sa hindi ko maintindihan na dahilan, napatingin ako kay Ella na nakatitig din sa kanya.

Parang may kung anung sumakit sa dibdib ko. Nakaramdam ako ng bigat. Huminga ako ng malalim para mawala pero ganun pa din.

**"Kuha lang po ako tubig."** Paalam ko kila Tita.

Nag-nod naman sila at hinayaan akong lumakad paalis. Lumapit ako sa isa sa mga waiter para manghingi ng tubig.

Habang hinihintay yung waiter hindi ko maiwasan na hindi sila tignan. Hindi ko maintindihan si Keifer, kung bakit ginagawa sakin yun. Halata naman na si Ella pa rin talaga.

*Nasasaktan ba ko?!*

Hindi naman dapat ako nakakaramdam nito. Bakit ganito?

Bumalik yung waiter at binigyan ako ng tubig. Pagka-inom daig ko pa yung elepanteng uhaw na uhaw. Pakiramdam ng sobrang tuyot na lalamunan.

**"Easy..."** Komenton ng kung sino.

Tinignan ko ng masama yung waiter sa pag-aakalang sya yung nagsalita. Taka nya kong tinignan pero agad syang tumingin sa likod ko dahilan para tumingin din ako.

*Sapakin ko kaya to?*

Nakangiti pa sya sakin bago iabot sa waiter yung hawak nyang baso. Ibinigay ko din yung hawak ko at akmang lalakad paalis pero hinawakan ako ni Keifer sa braso.

**"Hey... What's wrong with you?"**

**"What's wrong with you?!"** Balik kong tanung sa kanya.

Tinawanan lang nya ko. Hindi kaya naluto na sa alak ang utak nito? Ang lakas ng tama.

Binitiwan nya ako at hinayaang umalis pero humakbang ang nga paa ko palayo sa kanya. Hindi ko alam kung anu yung nagtulak sakin pero...

**"Why are you doing this to me?"** Seryosong tanung ko.

**"Hm?"**

**"Hindi kasi kita maintindihan... Ang landi mo kasi. Nilalandi mo ko, tapos iba naman pala talaga yung gusto mo."** Mahinahong sabi ko.

Naging seryoso yung itsura nya. Umiwas sya ng tingin at parang nag-alangan kung sasagot pa.

**"LET THE COUNT DOWN BEGIN!"** Sigaw ng kung sino sa mic.

Umandar yung malakign digital clock na naka-projector sa screen sa isang bahagi ng rooftop. May 30 seconds nalang bago ang new year.

**"I'm not '*Malandi*'. Manhid ka lang talaga kaya hindi mo makuha yung gusto kong iparating."** Sabi ni Keifer dahilan para magsalubong ang kilay ko.

**"Hindi ako manhid. Ayoko lang mag-assume. Kagaya nyang ginagawa mo. Kung iisipin ko na gusto mo ko, tapos hindi naman pala. Anu ending?"**

**"What if 'isipin mo na gusto kita, tapos tama naman pala. Anu ending?'"**

Natigilan ako. *Anaknang...*

**"See... Your too scared to assume, kahit sinasampal kana ng katotohanan."** Sabi nya at nag-smirk.

Napalunok nalang ako. Parang umurong yung tapang ko kanina. Isama na rin yung yabang ko sa pagharap at pagsabi sa kanya na '*malandi*' sya.

**"10 SECONDS!"** Sigaw ng mga tao.

**"You keep thinking that i'm still in love with someone else. So you close your mind to accept the fact that i might really like you."** Sabi nya at humakbang palapit sakin.

Napaatras nalang ako ng di-oras.

**"9!!"**

**"B-bakit? M-mali ba ko?"** Mayabang kong tanung sa kanya kahit parang umuurong na ang dila ko.

**"8!!"**

**"What if '*oo*' ang isagot ko sa tanung mo?"** Sabi nya at muli namang humakbang.

Napaatras na naman ako. *Pakshit!*

**"7!!"**

**"Since you started it... I'll clear things between us now."** Sabi nya at ngumiti.

**"6!!"**

**"A-anong..."**

**"5!!"**

**"Stop thinking that i'm still inlove with someone else. Start thinking that i really like you---no! That i *love* you to be exact."**

*Jusme! Y-yung puso ko!*

**"4!!"**

**"K-keifer..."**

Tinignan ko yung mga tao. Lahat sila naka-tingin sa langit at nag-aabang ng foreworks. Pati sila Kuya at Yuri, kaya pala walang nakakapansin samin.

**"3!!"**

**"Wala na... Wala ng Ella."** Sabi nya dahilan para tumingin ako sa kanya.

**"2!!"**

**"...Kasi, ikaw na."**

**"1!! HAPPY NEW YEAR!"**

Nawalan na ko ng chance na makasagot. Hindi ko na nasabi yung mga gusto kong sabihin. Para akong nawala sa sarili nung marinig ko sa kanya yun.

At mukang nawala talaga ako sa sarili. Natagpuan ko nalang ang sarili ko sa loob ng restroom at...

*Shutang'names!*

...malalim na tumutugon sa halik ni Keifer.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# PART TWO

## ⚠⚠ANNOUNCEMENT⚠⚠

So, kamusta naman?!

May nag-BEAST MODE sa engagement ni Yuri at Jay-jay. Hahahaha...

Meron din sa New Year **ehem** ni Keifer at Jay-jay. Hahahahaha...
**(**N/A: Oo, tinutukan nga ako ng kutsara at tinidor ng kasama ko na nagbabasa rin nito. Hahahaha #JayRi or #YuJay kasi sya.**)**

Alam kong bet na bet nyo ng malaman ang susunod na mangyayari **NGUNIT, SUBALIT, DATAPWAT** kailangan ko munang ihinto sa part na to.

***Wait! There's more!***

Dahil, may **PART TWO**.

Yes, you read it right! Part two mga bes! Part two HINDI Book two!

Why Part Two?

Continuation lang kasi... Hinati ko lang para masabi'ng PART TWO. Hahahahaha...

Unlike *Book two,* new plot, new twist, new character.

Sa Part two, yun pa din mga bessy. Kung may lalabas mang character, yun yung mga nabanggit na, ngunit wala pang name'sung.

## Anu ang aabangan sa PUNYEMAS na PART TWO?

***Jay-jay---***
(1)Yung kalandian ni Jay-jay. Hindi maintindihan kung sinong gusto. Hahahaha.. *harsh!*
(2)Yung sakit ni Jay-jay kapag nakaka-kita ng dugo. Anu ba talaga yun?
(3)Yung Tatay nya'ng MIS(Missing In Action).
(4)Yung Kuya nya'ng pa-mysterious effect parin.
(5)Yung Mudra nya'ng ginawang libangan ang pagpapalit ng asawa. Hahahahahaha... *Grabe!*
(6)Yung balak nya sa punyeta'ng engagement na yan!

***Keifer---***
(1)Yung kalandian ni Keifer, na nakakapikon + kamanyakan.
(2)Anu ba talaga'ng plano nya?
(3)Naka-nino yung mahiwagang hikaw? **(**N/A: *Feel ko lang isama to. Haha***)**

***Yuri---***
(1)Yung Hardcore na pagmamahal ni Yuri kay Jay-jay. Hahahahaha...

***Percy---***
(1)Sino ba talaga sya? Bukod sa stepbrother ni Felix at dating kaibigan nila Keifer, Yuri at Aries.
(2)Anung balak nya kay Jay-jay?
(3)Anak ba talaga sya ni Poseidon? **(**N/A: *Anung connect?***)**
(4)True story behind the accident. Panu sya nakaligtas?

***Aries---***
(1)Bakit galit na galit sya kay Jay-jay?
(2)Story after the accident of Percy. Kung anu na nangyari sa kanya at sa mga kaibigan nya.

***Ella---***
(1)Eto talaga'ng malandi! Hahahahaha..

(2)What is her real agenda?

**Sa mga Ulupong..**

***Ci-N---***
(1)Buhay pa ba to?----*joke!* Anu na nangyari sa kanya? Bakit hindi na sya nagparamdam kay Jay-jay?

***David---***
(1)Spy lang ang peg. Panu sila naging tropa ni Percy?
(2)What is his true feelings for Jay-jay?
(3)Anyare sa girlfriend nya?

***Felix---***
(1)Anu gagawin nya kapag nakaharap nya si Percy?

***Calix---***
(1)Kamusta naman sila ni Mica?
(2)Gagamitin nya kaya yung natanggap nya nung Christmas party? Hahahahaha.. 😆

***Edrix---***
(1)Hacker to mga pre...

***Rory---***
(1)Information seeker ng Section E.
(2)Hanggang saan ang data na nahanap nya tungkol kay Jay-jay?

***Eman---***
(1)Paluto nga... Sinigang.

***Eren---***
(1)Kamusta yung dalawang girlfriend?
(2)Kamusta yung pang-iinis kay Mayo?
(3)Anu na balak sa bestfriend/kinakapatid?

***Kit---***
(1)Panu sya aamin sa buong Section?
(2)Anu mangyayari sa kanya kapag nalaman ni Keifer na tinangka nyang halikan si Jay-jay?

***Mayo---***
(1)Anung usap ang gagawin ni Jay-jay sa kanya?

***Denzel---***
(1)Working student... Tatay na eh!

***Josh---***
(1)Silent nalang sya... Hindi nya sasabihin na marami syang nakikita'ng sya lang nakakakita sa room.

***Drew---***
(1)Yung utang mo kay Jay-jay! Mahiya ka oy!

***Blaster---***
(1)Part two ng suntukan nila ni Keigan.

**Sa mga 'Madalang pa sa patak ng ulan' mabanggit sa usapan..**

***Rakki---***
(1)Anu meron sa kanila ni Ci-N?

***Grace---***
(1)Kelan manganganak to?!

***Mica---***
(1)Ikaw na may lovelife!

***Freya---***
(1)Why so b*tch?
(2)Anu meron sa kanila ni Aries? Dati...

(3)Anung meron ba sa kanya?
(4)Bakit inis na inis kay Jay-jay?

***Cyrus---***
(1)I shall return...
(2)Bakit galit na galit kay Jay-jay?
(3)Anu ginawa nya kay Jay-jay? Bakit sya binanatan at na-ospital?

***Kiko*---**
(1)Buhay paba to?

***Keigan---***
(1)Epal to! Bigyan ko nalang sya sarili nya'ng kwento. **(**Title: Controlling Keigan**)**

**I know... I know...**

Bitin! It is because, hindi pa sya tapos.

***Questions...***

**Kelan publish ng Part Two?**

--*Wala pa kong exact date!*

**Matagal ba?**

--*Maybe...*

**Why?**

--*Kailangan kong pag-isipan ng mabuti ang Part Two. Co'z if you don't notice, medyo lumayo na ko sa plot and twist ng kwento, na ayokong mangyari sa Part two.*

**Bakit kailangan pang hatiin? Hassle naman...**

*--I know... But i hope you understand. Nahihirapan na kong mag-update sa book na to dahil sa sobrang haba----na hindi ko maintindihan kung bakit humaba ng ganito.*

**Ilang Chapter ang Part two?**

*--i have no exact target. Atleast less than 100.*

**May ending naba?**

*--Meron na!*

**Sino makakatuluyan ni Jay-jay?**

*--Secret.*

**May Book Two?**

*--Wala na... Kasi nga may part two na.*

**Kelan publish ng Controlling Keigan?**

*--Ending ng AMNSE.*

**Tuloy po ba ang Section E series?**

*--I'm having second thought about that.*

**Bakit ang husay mo magpa-bitin author?**

*--It's not my intention mga bes. Sagabal kasi ang trabaho ko sa pag-ibig ko sa pagsusulat. Tsaka pabebe kasi ako---charot!*

**Anu title ng PART TWO?**

*--Ang Mutya ng Section E (Part Two) The Dark Side*

**Bakit Dark Side?**

--*Kasi Fifty Shade... Hahahaha joke! Kasi nga lahat ng revelation andito na.*

**Anu na mangyayari kay Jay-jay?**

--*Ewan ko... Baka magpa-sex change nalang sya. Hahahaha joke!*

**Visit our fb group...**

https://www.facebook.com/groups/TropaNiEatmore2behappy/

Dyan ko post kung kelan **PUBLISH** date of AMNSE PART TWO.

⚠May katanungan ba kayo sa ating mga bida? Kay Keifer, kay Jay-jay, kay Yuri o sa kahit na kanino'ng character ng story'ng ito? O sa sakin (author)?

Kung 'Oo'...

****Just Message me or comment here!**

Exactly here! By double tapping the sentence above ⬆⬆⬆ with the '******'

**Then type:**
*Character's name / Question.*
**(**e.g. Author or Lara / Anu'ng trip mo?**)**
Pakilagay na rin kung ayaw nyong i-tag ko kayo sa mismong question when i post it.

**I repeat...**

Paki-double tap yung sentence na may nakalagay na '**'. Dun po i-comment ang question nyo sa mga character o sa akin. O kaya naman i-pm ako dito mismo sa wattpad. Yung *Message* sa tabi ng *Notification.*

Wag pong kakalimutan ang format. Hindi ko po isasama kung hindi sya naka-comment sa mismong sentence na may nakalagay na '**' o kaya naman ay hindi naka-message sakin.
Conversation sa wall ng account ko dito sa wattpad ay hindi ko din isasali.

(N/A: magtanung kayo dali... Gusto ko nung mga character interview kagay sa ibng book... Inggetera ako. Hahahahahahaha..)

**It will be posted at the end of the AMNSE.**

I'm so thankful sa suporta'ng binibigay nyo kay Jay-jay at sa Section E. I never imagine na makikilala sya at madaming magbabasa.

Kaya naman... Sobra sobra po ang pasasalamat ko sa inyo. Sana po patuloy pa rin ang suporta nyo sa akin at sa mga susunod ko pang istorya.

😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚😚

**--eatmore2behappy**

*OceanofPDF.com*

# Part Two

## AMNSE (Part Two) The Dark Side

**Jay-jay.

She's the only girl.

They adore her so much.

Protect her no matter what.

But what if, the girl they thought they knew is not what they think she is?

**Section E

They are more than friends and classmates to her.

She always helps them.

She will fight with or for them.

But what if, everything she thought about them is just a lie?

**Part Two of 'Ang Mutya ng Section E'.**

The Dark Side.

The Revelation Begins.

*Link..*

https://www.wattpad.com/story/95169428-amnse-part-two-the-dark-side

Continuation ng kakulitan at kalokohan ng Section E at ni Jay-jay.. ;)

--eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*


ANG MUTYA NG
Section E
Book 2

OceanofPDF.com

EATMORE2BEHAPPY

# eatmore2behappy

## AMNSE (Part Two) The Dark Side.

Ang part two ng kwento ni Jay-jay at ng Section E.

*As i promise...*

**Jay-jay.

She's the only girl.

They adore her so much.

Protect her no matter what.

But what if, the girl they thought they knew is not what they really think she is.

**Section E.

They are more than friends and classmate for her.

She always help them.

She will fight with or for them.

But what if, everything she thought about them is just a lie.

**Part Two of 'Ang Mutya ng Section E'.**

The Dark Side..

The Revelation Begins..

★****************************★

Please... Read the Part One before reading this.

Kasi masakit sa ulo kung uunahin to... Magulo!

**Again...**

Ang istoryang ito ay kathang-isip lamang ng walang saysay na author. Ang mga pangalan, lugar, pangyayari at petsa ay nabuo dahil sa bulate sa utak nya (author) at ang pagkakapareho nito sa tunay na buhay ay pawang insidente lamang.

iGoogle natin ang CopyRight Law mga Bes...

-All Right Reserved
-Copyright (2017)

*OceanofPDF.com*

# Chapter 126

**Back to school**

***Jay-jay's POV***

Very Wrong!

Feeling ko mababaliw na ko, O baliw na talaga ako?

*Nakakainis!*

Hindi ko maintindihan yung nangyayari sakin. Tinanggap ko na yung alok ni Yuri, dapat hindi ko na ginawa yung *anu* kay Keifer.

Basta yung *anu*---nung New Year.

Lakas kasi maka-gago nung animal na yun. *ASAR!* Parang ang dating tuloy, salawahan pa ko. *Putik!*

Ang masama nito, muntik na. Muntik na talaga! Muntik ng bumagsak ang Bataan. *Punyeta!*

Wala na kong muka'ng ihaharap kay Yuri. Nakakainis! Pagnaa-alala ko yun, naku! Bumibilis yung tibok ng puso ko. Ang init tuloy ng muka ko.

Tinignan ko yung singsing na nakasuot sa daliri ko. Gusto nila Kuya na suotin ko na daw yun at wag ng hubarin pa.

Kayalang tuwing nakikita ko yun, feeling ko nagtataksil ako.

**"Hay..."** Bulong ko.

Tumayo na ko mula sa pagkakahiga sa kama. Back to school na, ganun kabilis. Hindi ko man lang nadama or na-enjoy yung New Year celebration.

*Si Keifer kasi...*

Dumiretso na ko sa banyo para maligo at mag-ayos. Medyo nag-madali pa ko, ayoko kasing malate. Paglabas, habang nagbibihis, may naririnig ako'ng nag-uusap sa labas lang ng kwarto ko.

Alam kong si Tita Gema at Kuya Angelo yun. Hindi ko lang maintindihan kung bakit kailangan nilang mag-usap sa tapat ng kwarto ko.

Pagkatapos mag-ayos, lumabas na ko dahilan para tumigil sila Kuya at Tita.

**"Good Morning po."** Bati ko sa kanila.

**"Good Morning din. Kumain kana dun."** Sabi ni Tita at nginitian ako.

Hindi ko talaga tinignan or binati si Kuya Angelo. Masama nga kasi loob ko sa kanya.

Dumiretso na ko sa Dining. Naabutan ko si Aries na kumakain. As usual, seryoso'ng seryoso na naman. Kelan ba ngingiti to?

*Kapag kasama nya si Ella.*

Habang kumakain, napapansin ko si Aries na panay ang tingin sakin at parang may gusto'ng sabihin.

**"May sasabihin kaba?"** Tanung ko sa kanya.

**"Ikaw ang may sasabihin sakin."** Sagot nya at taka ko sya'ng tinignan.

**"Ha?"**

**"Anu'ng desisyon mo? You'll stay on that stupid section of yours?"**

Eto na naman sya. Ngayon pa kaya nya ko mapapa-alis dun? Syempre, hindi papayag si Kuya. Kasama ko yung---so called---fiancé ko sa Section na yun.

Hindi ako sumagot at bumalik lang ako sa pagkain. Halata'ng nainis si Aries sa ginawa ko.

Tumayo sya bigla. **"Kung nakinig ka sakin, hindi ka sana na-set up sa engagement na yan."** Sabi nya at tuluyan ng naglakad paalis.

Huminto ako. Kung sumunod nga ba ako sa kanya, mang-yayari nga ba to? Matatali nga ba ko sa kasal na inayos nila.

Sa totoo lang napapagod na ko sa kakaisip sa lintik na engagement na yan.

Tinapos ko na yung pagkain ko at agad nag-ayos. Lumakad na ko at dumiretso sa labas. Napansin ko sa garahe yung kotse ni Aries.

*Akala ko umalis na to!*

Napatingin ako sa gate. Andun kasi si Aries at parang merong kausap. Lumapit ako sa kanya at medyo nagulat pa ko ng makita yung kaharap nya.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya. **"...B-bakit andito ka?"**

Naka-cross arm pa sya habang naka-sandal sa kotse nya. Agad naman syang ngumiti sakin at umayos ng tayo.

**"Sinusundo kita."** Sabi nya.

Akmang lalapit na sana sya sakin pero biglang humarang si Aries at tinago ako sa likod nya.

**"Hindi sya sasabay sayo... Umalis ka na."** Seryosong utos nya.

**"Your not the one who will decide here."** Sagot sa kanya ni Yuri.

**"A-aries... Okay lang. G-gusto ko ding maka-usap si Yuri."** Sabi ko at tinignan nya ko.

Umalis sya sa harap ko at hinayaan akong lumakad palapit kay Yuri. Pinagbuksan nya ko ng pinto at inalalayang makasakay.

Pagsara ng pinto ng kotse, agad din naman syang sumakay. Nakita ko pang nakatingin samin si Aries pag-andar namin.

**"So, nakapag-usap na kayo ni Angelo?"** Tanung nya.

Umiling ako. **"Hindi... Ayoko muna sya'ng kausapin."**

**"Sorry ah? I should told you about it from the start. I don't want to force you, so i try to make an effort."** Paliwanag nya.

Kaya pala may paluhod-luhod pa syang nalalaman. Yun na pala yun! *Tsk!*

Hinawakan ko yung singsing na naka-suot sa daliri ko.

**"P-panu pala natin sasabihin sa mga classmate natin?"**

**"I..."** Huminga sya ng malalim. **"...I already think about it. It's better kung hindi muna natin sasabihin sa kanila."**

Taka ko syang tinignan. **"Bakit?"**

**"It's for the sake of our Section. Magkakagulo lang kapag nalaman nila. Specially now, all of them think na may feelings din si Keifer sayo."**

*Shooot!*

Bakit nya binanggit yung Hari ng mga Ulupong na yun? Kainis! Yan na naman! Naalala ko na naman yung nangyari nung New Year.

*Taksil!*

Lumipat ako ng tingin sa bintana. Nahihiya akong humarap kay Yuri dahil sa mga pinag-gagagawa ko.

**"What do you think?"** Tanung nya sakin.

**"O-okay lang... Tama ka naman. Baka magkagulo nga lang."** *Lalu kapag nalaman mo yung ginawa namin.*

Hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin sa kanya yun o anu. Pero ang hirap pala ng ganito. Lumalabas na niloloko ko pa ngayon sya.

Tinignan ko ulit yung singsing na nakasuot sa daliri ko. Hindi nila pwedeng makita to. Magta-tanung ng magta-tanung yung mga yun. Lalu na si Ci-N.

Hinubad ko yung kwintas na suot ko. Yung binigay ni Poseidon sakin nung christmas party. Hindi ko pa rin kasi malaman kung kanino talaga galing tong kwintas na to. Pero maganda, kaya sinuot ko.

Hinubad ko din yung singsing ko. Sinuot ko yung pinaka-kwintas sa butas ng singsing. Ginawa kong pendant yun at ng maayos na sinuot ko ulit yung kwintas.

**"Great idea..."** Komento ni Yuri at ngumiti sakin.

Ngumiti lang din ako sa kanya. Naging tahimik kami sa byahe. Salamat sa traffic----*na hanggang ngayon, kingina! pasukan na*----lalu naging awkward sa loob ng kotse.

May pagkakataon na tumitingin ako sa kanya at ganun din sya sakin. Mag-ngingitian tapos yun na yun. Uulitin namin ulit yun kahit sa totoo lang muka kaming tanga.

**"This is awkward."** Sabi nya at bahagya'ng natawa. **"...You know what, hindi naman natin kailanga'ng career-in tong engagement na to. We can still treat each other the same way like before."**

**"Ha?"**

**"Walang pressure. Wag nating isipin yang engagement na yan pag magkasama tayo. Act the same Jay-jay that i know."** Sabi nya at ngumiti sakin.

Napangiti na rin ako. Tama naman kasi sya. Bakit namin iisipin masyado yang kasal na yan? Si Kuya lang naman yung name-mressure sakin.

**"Tama ka dyan."** Sagot ko sa kanya at agad syang sinuntok sa braso.

**"Aw! What is that for?!"** Inis na tanung nya.

**"Sabi mo act the same me that you know."** Sagot ko at umamba na naman ng panibagong suntok.

**"Nagd-drive ako! Baka ma-aksidente tayo!"**

*Ay oo nga!*

Binaba ko yung kamao ko. Kita ko yung paghihimas nya sa braso nya. Sa hindi ko maintindihan na dahilan bigla nalang kaming nagtawanan.

**"Sakit mo manuntok... Dinaig mo pa ko."** Sabi nya.

**"Ikaw kasi."**

Medyo nawala na yung pagka-ilang. Pati pressure sa lintik na engagement na yan, parang nawala na din. Mas gusto ko yung ganito.

*Balik sa dating kami.*

Huminto yung kotse sa parking ng school. Pagkatanggal nung seatbelt akala ko ba-baba na kami pero hinawakan ni Yuri yung kamay ko.

**"I forgot something."** Sabi nya.

Nagulat nalang ako ng bigla nya'ng ilapit ang muka nya sakin at agad akong hinalikan sa labi.

Paglayo nya, agad syang ngumiti sakin.

**"No pressure at the engagement but that doesn't mean i'll hide my feelings for you."** Sabi nya at agad na bumaba ng kotse.

*Jay-jay salawahan! Jay-jay SALAWAHAN!*

Ang tagal bago mag-function ng utak ko. Napakamot nalang ako sa ulo ng mapansin kong hinihintay pala ako ni Yuri na bumaba ng kotse.

Nagmadali ako sa pagbaba. Habang naglalakad bigla nalang akong napahinto. Hindi nga pala kami pwedeng makita ng mga luko.

**"C-cr lang ako."** Paalam ko kay Yuri.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong naglakad papunta'ng CR. Nagkulong ako sa isa sa mga cubicle. Wala akong paki kung magpang-abot na naman kami ni Freya dito.

*Tang'na kasi!*

Sobra na kong naguguluhan. Nung hinalikan ako ni Yuri, pumasok agad sa isip ko yung panloloko'ng ginawa or ginagawa namin sakanya.

Maling mali kasi. Engage na nga kasi diba? Kahit sabihin na arrange lang yun. Aba naman! Pumayag pa rin ako, tinanggap ko pa rin. May obligation din ako sa engagement na yan.

Kailangan kong itama yung pagkakamali na yun. Kung kailangan kong layuan si Keifer, gagawin ko. Alam naman nya na ikakasal na kami nitong si Yuri kaya maiintindihan naman siguro nya.

Kailangan ko syang maka-usap ng maayos para tumigil na sya o tigilan na namin to.

*Tama! Tama!*

Yun talaga gagawin ko! Inayos ko na yung sarili ko at binuksan yung pinto ng cubicle.

Wala pang isang segundo ng pagbukas ko nun. Gusto ko na ulit isara. Kung mamalasin ka naman! Yung taong gusto mong iwasan. Aytu! Sa harap ku!

Medyo nagulat pa ko pero agad ko din syang tinignan ng masama. Nakahawak pa yung isang kamay nya sa wall ng cubicle.

**"A-anung ginagawa mo dito? CR ng babae to ah!"** Sita ko sa kanya.

Bigla syang ngumiti ng nakakaloko. **"I don't care... No one can stop me."** Sabi nya at tinulak ako papasok ulit ng cubicle.

*Anaknang....*

Kakasabi ko lang eh!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 127

**Mine**

***Jay-jay's POV***

**"Anyare sayo?"** Bungad ni Edrix kay Keifer. **"...Napa-away kaba?"**

Tumingin sya sakin kaya agad akong umiwas. *Guilty!* Kasalanan naman kasi nya. Itulak daw ba ko papasok sa cubicle tapos----*aarrggghhh!!!*

Bumalak pa ng *New Year Anu* part two ang luko!

*Kainis!*

No choice ako. Kinagat ko labi nya at sinuntok sya. Sinipa ko din sya *anu* nya. Kaya eto sya ngayon, mukang sumuong sa away.

**"Hindi... May nasalubong kasi ako'ng impakta."** Sagot ni Keifer at lumakad palapit sa upuan nya.

*Impakta daw?*

Umiwas ako ng tingin. Kuwari wala akong alam sa nangyari sa kanya. Pero ang luko nananadya ata.

**"You'll pay for this..."** Bulong nya pagdaan sa harap ko.

Tinignan ko agad sya ng masama. Impakto eh! Hindi pala madadaan sa paki-usap tong tao na to. Kung mahirap syang kausap dati mas lalu na ngayon.

Tsk! Dapat naisip ko na yun una pa lang. *Kainis!*

Tumingin ako sa pinto ng room. Ayokong ubusin yung oras ko sa kakaisip sa kumag na to.

*Wala pa din si Ci-N.*

Anu na kaya nangyari dun? Gusto ko na tuloy syang puntahan sa kanila. Baka kung anu na ginawa ng Kuya nya sa kanya.

Naalala ko tuloy kung panu nya ko sigawan sa cellphone nun. Kulang nalang tumawid sya sa linya para lang masigawan ako ng harapan.

*Hay...*

Si Kit naman ang sunod kong hinanap. Nakasalpak sa tenga nya yung headset at parang walang paki sa nangyayari sa paligid nya.

Si Mayo, halatang gustong lumapit sa kanya pero nag-aalangan.

*Lovelife pa more!*

Dumating na si Sir Alvin. Nangamusta muna sya. Nagtanung kung panu namin cinelebrate yung pasko st bagong taon.

Hindi na sya nagturo at nakipag-kwentuhan nalang. Nakaka-miss din tong si Sir. Yung mahaba nyang pasensya samin at sa mga ulupong na to at yung pagsali nya sa mga kalokohan namin.

**"...Nasimulan na nga pala ang plano para sa retreat nyo."** Biglang sabi ni Sir.

*Retreat?!*

**"Kasali pala kami dun?"** Tanung ni Calix.

**"Oo... Fourth year na kayo. Lahat ng students bago grumaduate kasali dun."** Dagdag pa ni Sir.

Alam ko talaga may ganun sa mga fourth year na ga-graduate. Pero parang ang aga naman ata para pag-usapan.

**"Kelan daw gaganapin?"** Tanung nila.

**"Wala pang date pero mas maaga yun sa usual na retreat. Nag-aalanganin kasi dahil sa post-final exam."**

*Post-final exam?*

Humarap ako kay Yuri at kinalabit sya.

**"Anu yung post-final exam?"** Tanung ko.

**"Meron kasing pang-lima'ng exam. Dun malalaman kung ga-graduate Yung student o hindi."** Paliwanag ni Yuri.

*Patay!*

Bakit may ganun pa? Panu kung hindi makapasa? Edi hindi ga-graduate?

Kinabahan tuloy ako bigla. Hindi pa nga namin nararating third periodical examination tapos malalaman kong may ganun pala.

Kailangang paghandaan, baka magsunog ng kilay. Bukod sa hindi ako makaka-alis sa lugar na to, babalatan ako ng buhay ni Kuya kapag nagkataon.

Halos naubos ang morning class namin sa kwentuhan. Pati kasi ibang teacher hindi nagturo. Wala ata gana o ayaw lang talaga kaming turuan.

*Kainan na!*

**"Eto lang?"** Tanung ni Drew kay Eman.

**"Mestloaf lang meron tayo... Hindi pa kaya kayo nagbibigay ng pang-grocery."** Sagot samin ni Eman.

Napanguso nalang ako. Naubos na kasi supply namin bago christmas party. Dapat pala ngdala ako kahit kaunti lang.

Nagtiis kami sa kanin at meatloaf. Tamihik lang akong kumakain sa pwesto ko. Pero kahit gutom ako, para'ng ang sarap itapon ng pagkain ko sa pagmumuka nitong kaharap ko.

Bigla nalang kasi'ng naupo sa Keifer sa bangkuan sa harap ko. Habang kumakain ako, pinagmamasdan nya ko.

**"Lumayas ka nga dyan!"** Inis na utos ko sa kanya.

**"If i don't want to?"** Naghahamon na tanung nya.

Kinuha ko yung pagkain ko at agad na tumayo. Aalis na sana ako ng bigla'ng nagsalita si Keifer.

**"Booooxxxeeerrr..."** Bulong nya na parang kumakanta.

*Okay... Upo ulit.*

Naupo ulit ako at tinignan sya ng masama. *Kainis!* Ayoko'ng malaman nila na ako yung nagbigay nun kay sa kanya.

Mukang nakakuha ng panakot ang walang hiya.

**"Anu ba kailangan mo?!"** Inis na tanung ko.

**"Nothing... Masama bang pagmasdan ka habang kumakain?"**

**"Oo... Dun ka na nga!"**

Sa halip na pakinggan ako pinagtawanan lang nya ko.

*Tignan mo nga tong tao na to!*

Husay mang-inis. Ayoko lang ng gulo dito, pero kapag hindi ako nakapag-pigil. *Ay naku!* Babasagin ko lahat ng pwedeng basagin sa kanya.

**"Is there a problem here?"** Tanung ni Yuri.

Hindi ko namalayan na andito na pala sya. Kinabahan ako bigla sa hindi ko maintindihan na dahilan.

**"W-wala... N-nag-aasaran lang kami."** Mabilis kong sagot.

**"Sure?"** Tanung ulit nya.

Nag-nod naman ako. Sandali syang tumingin kay Keifer bago lumakad paalis.

Hindi ko inalis yung tingin ko kay Yuri hanggang sa makalayu sya. Nang masiguro ko'ng hindi na nya maririnig ang sasabihin ko, tsaka ako humarap kay Keifer.

Halos patayin ko sya sa mga tingin ko.

**"Itigil mo na to..."** Bulong ko na may diin.

Bahagya nyang nilapit ang muka nya sakin. **"Why?"** Bulong din nya.

**"Anu'ng why? Keifer naman!"** Tumingin muna ko sa paligid para masiguro na walang makaka-rinig samin. **"...Ikakasal na ko kay Yuri."**

He chuckled. **"Your asking me to stop?"** Agad naman ako'ng nag-nod. **"...to stop what?"**

**"Ito! Itong ginagawa mo! Tigilan mo na ko... Layuan... Wag mo na ko landiin."**

Sandali sya'ng tumingin kay Yuri bago muling humarap sakin at magsalita.

**"What's wrong kung landiin kita? Kung landiin ko yung *mahal ko*?"**

*M-mahal...*

Bakit ba nayayanig ako kapag naririnig ko yung salita na yun galing sa kanya?

**"Keifer."** Tawag ko sa kanya. **"...Mali kasi."**

**"Mali?! So, it's wrong to show your affection?"**

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Napaka-hirap pala talaga'ng kausap nito'ng tao na to.

**"Mali nga kasi... Nilolokо natin si Yuri."** Inis na sabi ko.

Sumasakit na yung lalamunan ko sa kakabulong ko sa kanya at kakapigil na tumaas yung boses ko.

**"Niloloko? We're not in a relationship. Kaya bakit natin sya *niloloko*?"**

*Okay...*

Yung pakiramdam na may kung anu sa dibdib ko. Oo nga naman, we're not in a relationship. So bakit nga ba ko nagde-demand sa kanya?

**"...There's nothing wrong sa ginagawa natin..."** Dagdag nya pa.

*Takte!*

**"...You have nothing to worry about it..."**

*Please stop!*

**"...Your not cheating on Yuri because we're not in a relationship."**

Parang sampal sakin yung mga pinagsasabi nya. Wala naman pala kaming relasyon bakit nya pa ginagawa to? *Kainis!* Gusto kong maiyak na hindi ko maintindihan.

Napayuko nalang ako at sa hindi ko maintindihan na dahilan hindi ako makagalaw. Gusto kong umalis at layasan tong *Animal* na to. Pero panu ko gagawin yung kung nanigas na yung tuhod.

Sobrang bigat ng nararamdaman ko akala ko maiiyak nalang ako sa kinauupuan ko pero bigla syang nagsalita.

**"...."**

Ayaw pumasok sa utak ko ng mga salita'ng binitawan nya. Pero pinabilis nun ng husto ang tibok ng puso ko. Nagpabigla sa damdamin ko at nagpayanig sa pagkatao ko.

**"Did you hear what i said?"** Tanung nya.

Hindi ako nakapag-salita. Napatitig nalang ako sa kanya. Ngumiti sya sakin at nilapit na naman ang muka nya.

**"I will repeat it again."** Sabi nya. **"...We are not in a relationship but YOU..."** Tinuro nya ko. **"...are..."** Tinuro nya ang sarili nya. **"...MINE."**

*A-a-anu....*

Marami ako'ng gusto'ng sabihin pero ayaw talaga'ng bumukas ng bibig ko, umurong na ata ang dila ko. Dapat ba kong matuwa dun sa sinabi nya?

**"B-b-baliw kana."** Yun nalang ang nasabi ko.

Napatayo ako ng di-oras at mabilis na naglakad palabas. Sobrang init ng pisngi ko. Hinampas ko din ang dibdib ko dahil sa sobrang bilis ng tibok ng puso ko.

*Mali to!*

Huminto ako sa tapat ng hagdan papunta sa second floor. Nasuklay ko nalang ang buhok ko gamit ang diliri ko.

*Tang'na naman kasi!*

May ilang beses na ata ako'ng nagpa-ikot-ikot sa pwesto ko. Panay din ang buntong hininga ko.

Lakas kasi'ng maka-gago ni Keifer. Hindi ko na rin maintindihan yung sarili ko. Naguguluhan na ko!

**"Aaaagggghhhhh!!"** Sigaw ng kung sino dahilan para magulat ako.

*S-sino yun?*

Agad kong tinignan yung paligid ko. Wala'ng tao, hindi rin galing sa room namin yung sumigaw. May multo ata dito?

Napatingin ako sa hagdan papunta sa second floor ng building namin.

*Sa taas?*

Kahit hindi ako sigurado kung anu o sino yun, umakyat pa rin ako. Dahan-dahan pa ang bawat hakbang ko.

Pagdating sa second floor, may lalaki'ng suntok ng suntok sa pader at halata'ng sagad sa galit.

**"E-edrix?"** Tawag ko.

Huminto sya at tumalikod sakin ng marinig nya ko.

**"Bakit?"** Tanung nya.

Dinig ko sa boses nya ang pamumuo nito. Mukang umiiyak sya.

**"May problema ba?"**

Hindi sya nagsalita. Mukang ayaw nyang pag-usapan. Lalakad na sana ako paalis pero bigla nalang syang humikbi.

Hindi muna ko umalis. Hinintay ko muna kung magsasalita ba sya.

**"S-sorry... H-hindi ko lang kasi mapigilan."** Sabi nya bago sumandal sa pader.

Lumapit ako sa kanya at sumandal din sa pader.

**"Anu'ng nangyari?"**

Huminga sya ng malalim at pinunasan ang luha nya. Sa totoo lang nahihirapan ako kapag nakikita ko sila'ng ganito.

**"Naiinis kasi ako sa sarili ko. Ang torpe ko kasi."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ganyan din ako. Naiinis din ako sa sarili ko. Kasalanan nung peste'ng kumag na yun.

**"Bakit? Pwede mo bang ikwento?"** Tanung ko.

Sa mga oras na to, gusto kong ituon yung isip ko sa iba. Naiinis lang kasi ako kapag iniisip ko yung sitwasyon ko.

**"Ang hirap kasing ma-inlove. Tapos hindi ko man lang masabi o maparamdam sa kanya."**

Ang hirap talaga. Pero mas mahirap kung hindi mo alam kung kanino mo ipaparamdam.

**"Kainis!"** Bulong nya.

Kainis talaga! Lalu na yung Hari ng nga Ulupong na yun-----*Teka nga!* Sabi ko itutuon ko yung isip ko sa iba pero eto ako at isip ng isip tungkol sa kanya.

Tinignan ko si Edrix. **"S-sino yung babae?"**

Tumingin din sya sakin. Kinuha nya yung cellphone nya at nagp-pindot ng nagp-pindot.

Para syang may hinahanap at ng matapos sya hinarap nya sakin ang phone nya.

Picture ng isang maganda'ng babae. Simple lang ang ayos at simple lang din ang ngiti nya.

**"Ang ganda nya diba?"** Tanung nya sakin.

Mabilis naman ako'ng nag-nod. **"Oo... Maganda."**

**"Maganda talaga si Freya."**

**"Oo nga... Maganda talaga si----HUH?! SI FREYA TO?!"** Gulat na tanung ko.

Pinagmasdan ko ulit yung picture. *Imposible!* Zinoom in at out ko na rin para masiguro. Si Freya nga!

Ang ganda pala kapag walang make up. Kapag simple lang ang ayos. Nagmumuka sya'ng anghel.

*Hindi ba photoshop to?!*

**"S-si Freya yung babae'ng----"**

**"Oo. Matagal na."** Putol nya sa sasabihin ko.

*Hala sya!! Bakit naman si Freya pa?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 128

## Roommate

***Jay-jay's POV***

*Kanino to?*

Ang laking maleta nito. Kasya yata ako sa loob. Eto na yata ang pinaka-malaki sa lahat ng nakita ko, pero kanino to?

Pagkadilat ng mata ko eto agad ang bumungad sakin. Namalikmata pa ko, akala ko kung anu.

Bumangon ako mula sa pagkakahiga. Sinipat ko yung maleta at naghanap ng pwedeng pagkaka-kilanlan. Bubuksan ko din sana pero naka-lock yung zipper at may code pa.

Sinubukan kong itulak at ilipat ng pwesto. Sagabal din kasi sa daan.

*Ang bigat!*

Tao yata ang laman nito! Saksakan ng bigat, parang buong bahay ang nakalagay sa loob.

**"Kanino ba to?"** Inis na sabi ko.

Napakamot nalang ako sa ulo ko. Basta-basta nalang kasi napunta dito to ng hindi ko nararamdaman. Tinignan ko yung oras sa wall clock. Maaga pa naman.

Dumiretso ako sa banyo para mag-hilamos. Pagkatapos, nagpalit din ako ng damit. Lumabas ako ng kwarto at agad na hinanap sila Tita.

Baka kasi sila ang naglagay nun sa kwarto ko. Sa kusina ang tuloy ko, andun sila pag-ganto'ng oras at tapos ng mag-almusal. Malayo pa ko dinig na dinig ko na yung malakas na tawa ni Tita.

Binilisan ko yung lakad ko para kasing ang saya-saya nila. Pagpasok sa loob, napahinto ako.

*Ci-N?!*

**"...luko kang bata ka. Hahahaha..."** Sabi ni Tita.

**"Gwapo naman po."** Sagot ni Ci-N na nagpalakas pa lalo ng tawa ni Tita.

Pati si Tito na nagkakape natatawa na rin sa kanila. Kahit si Kuya, ngumingiti din habang napapa-iling.

**"Hahahahaha... Kumain kana nga."** Utos sa kanya ni Tita.

**"Maya na po. Sabay na po kami ni---Jay!"** Tawag nya sakin ng makita nya ko.

**"Goodmorning Jay... Kumain kana. Sabayan mo na tong kaibigan mo."** Sabi sakin ni Tito Julz.

Tinignan lang ako ni Kuya Angelo. Ayoko pa ding makipag-usap sa kanya. Bahala sya!

**"S-sige po."**

**"Punta na po kami sa dining."** Paalam ni Ci-N.

Naglakad na ko palabas ng kusina. Nakasunod naman sakin ang luko. Bago pa kami makapasok sa dining hinawakan ko agad si Ci sa kwelyo.

**"Aw... Jay!"** Sigaw nya.

**"Luko ka! Anu'ng nangyari sayo?!"** Inis na tanung ko pero may halong pag-aalala.

Sino ba naman kasing hindi mag-aalala sa batang kumag na to? Grabe! Halos hindi ako makatulog sa kakaisip sa kanya----pati kay Keifer at Yuri.

**"K-kasi..."**

**"Anu?! Anu ng nangyari sayo?!"**

**"K-kinulong ako ni Kuya eh."** Halos pabulong nya'ng sagot.

Natigilan ako, binitiwan ko din sya at tinignan sa mga mata.

**"...sabi nya ipapadala na daw nya ko sa London. Hindi ako pumayag kaya kinulong nya ko sa kwarto ko."** Paliwanag nya.

*Tsk!*

Nakaramdam ako ng galit sa busit na kapatid nya. Hindi ata nag-iisip ang lalaki na yun. Ikulong daw ba si Ci-N?!

**"Nag-alala kami sayo ni Lola."** Sabi ko.

**"S-sorry... Kinuha din nya kasi yung mga gadget ko."**

**"Y-yun lang ba ginawa nya sayo? Hindi ka naman nya sinaktan?"** Nag-aalalang tanung ko.

Wala na kong tiwala sa Kuya nya. Baka hindi lang pala yun ang ginawa nya kay Ci.

Hindi sumagot si Ci-N. Umiwas sya ng tingin at naghimas ng batok.

**"Ci. Magsalita ka! Anu pa ginawa sayo ng Kuya mo?!"**

Umiling sya. **"Wala na... Pero binantaan nya ko. Ikaw daw ang babalikan nya kapag hindi ako tumino."**

*Ako?! Ha!*

**"Edi balikan nya! Kala naman nya natatakot ako sa kanya!"** Sagot ko at tumuloy na sa paglalakad papasok sa dining.

Sumunod naman sakin si Ci. Kala naman ng Kuya nya matatakot ako dun. Yun nga ang gusto ko, ang makaharap sya. Magkaka-alaman kaming dalawa.

Kumain na kami pareho. Walang kumikibo samin. Siguro kasi namumualan sa pagkain ang bibig nya.

Susubo ko palang sana yung bacon na nakuha ko ng biglang pumasok sa Aries at agad na tinignan ng masama si Ci-N.

**"What the..."** Bulong nya. **"...What are you doing here?!"** Inis na tanung nya kay Ci-N.

**"Hhhhmmmm... Hmm.. hmmm..."** Sagot ni Ci-N.

*Huh??*

Wala akong naintindihan sa kanya. Puno'ng puno pa kasi yung bibig nya, daldal na sya ng daldal.

Sakin binaling ni Aries ang tingin nya.

**"H-hindi ko pa alam. Tatanungin ko pa lang sya."** Mabilis kong sagot.

Hindi nagsalita pa si Aries. Naupo nalang sya at kumain. May pagkakataon na tinatapunan nya ko at si Ci-N ng matalim na titig.

Kahit tuloy gusto ko pang kumain, napilitan akong tumayo agad.

**"Tara na Ci... Baka malate tayo."** Aya ko sa kanya.

**"Huh?! Maaga pa."** Sagot nya at sumubo ulit ng kanin.

*Makisama ka naman!* Hindi nya ma-gets yung gusto kong sabihin.

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Tara na."** Madiin kong sabi.

Kahit nagtataka, tumayo nalang din sya at naglakad kasabay ko. Habang nglalakad panay ang kalabit nya sakin.

**"Bakit?"**

**"Hindi pa ko tapos kumain. Bakit mo ko inaya?"** Tanung nya.

Luko'ng to! Hindi talaga nya nagets na may namumuong delubyo dun sa hapag.

**"Wala! Baka lang talaga malate tayo."** Palusot

Nagkibit-balikat nalang sya sakin. Pagbalik sa kwarto, bigla nalang sya'ng nagtatakbo palapit dun sa malaki'ng maleta na nakabalandra sa tabi ng kama ko.

Hiniga nya yun at nagpipindot dun sa lock ng zipper.

*Sa kanya pala to?!*

**"Ang laki'ng maleta nyan. Umano kaba at may dala kang ganyan?"** Tanung ko sa kanya habang naglalakad palapit sa kabinet ko.

**"Lumayas."** Mabilis nya'ng sagot.

Tinignan ko sya ng may pagtataka. *Lumayas?!*

**"Seryoso. Umano ka nga?"** Tanung ko ulit.

Binuksan nya muna yung maleta bago tumingin sakin at sumagot.

**"Lumayas nga. Sabi kasi ni Kuya kung hindi daw ako susunod sa kanya, lumayas nalang daw ako. Kaya lumayas ako."** Paliwanag nya.

*Anaknang...*

Very nice. Ang lakas talaga ng sapi ng kapatid nya. Sya naman tong abnormal sineryso yung sinabi nung Kuya nya.

**"Eh saan ka tutuloy kung lumayas ka?!"**

Naglabas sya ng kaunti'ng damit at inilagay sa ibabaw ng kama.

**"Dito sa inyo."** Sagot nya habang namimili ng medyas.

Nanlaki yung mata ko sa narinig ko galing sa kanya. Nababaliw na sya! Dito talaga samin. Nawala ata sa isip nya na kasama ko si Aries sa bahay.

Baka kung anu gawin sa kanya, o' kaya naman, ako yung awayin na naman nya. Ayaw pa naman nakaka-kita ng taga-Section E nun.

**"Hindi pwede! Sira ulo kaba?!"** Sigaw ko sa kanya.

Tinignan nya ko habang hinahatak nya yung twalya sa mga damit nya.

**"Sabi ni Kuya Angelo, okay lang daw. Tsaka alam naman ni Mama ko, nagpa-alam ako sa kanya."**

*Huh?!*

May lumayas bang nagpaalam? At pumayag si Kuya Angelo? Edi wow!

**"Sa lahat ng lumayas ikaw ang nagpaalam."**

**"Bakit? Syempre para alam nila kung saan ako pupunta."**

May point nga naman sya don.

**"Pumayag talaga si Kuya?"** Taka kong tanung sa kanya.

Naglakad sya palapit sa pinto ng banyo. May nakasabit ng twalya sa balikat nya at may dala rin syang botelya ng shampoo.

**"Oo... Dito daw ako sa kwarto mo."** Sagot nya sakin. **"...Mauna na kong maligo sayo."** Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok sa banyo.

*Ay wow!*

Nahiya naman ako. Feel at home ang luko, nauna pa sakin sa banyo. Pero kung tutuusin, maganda na rin to. Atleast masisiguro ko na hindi sya inaaway ng kapatid nya.

Hindi ko nga lang sure kung panung pang-gugulo ang gagawin ng bata'ng to samin.

**"** ***Bubble butt... Bubble bubble bubble butt..*** **"** Kanta ni Ci-N habang naliligo.

Natawa nalang ako, dinig ko kasi yung paggalaw nya sa loob ng banyo. Mukang sumasayaw din ang luko habang kumakanta.

Nanguha muna ko ng damit na susuotin ko at hinintay matapos ang bata'ng kumag sa banyo.

Narinig ko yung phone ko. Agad kong kinuha yun sa ilalim ng unan. Meron akong text message galing sa dalawang tao.

**From:** *Yuri*
**Message:** *GoodMorning...* 😘

Ang lakas maka-ngiti ng message na to. *Putik tong Yuri na to!* Reply naman ako agad.

Tinignan ko yung sunod na message. Kung yung kay Yuri malakas maka-ngiti, eto naman malakas makapang-buset.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** *Get up! Basa na ng laway yung unan mo.* 😴💤😫

Impakto! Kayalang ata nagtext ang kumag na to para mang-buska. Hindi ko sya nireplyan. Binaba ko lang yung phone ko sa kama.

Bigla nalang lumabas ng banyo si Ci-N. Nakatapis lang sya ng twalya.

*Ang bilis!*

Tinignan ko yung oras sa wall clock. Kulang 10mins lang ang ginugol nya sa banyo.

**"Ikaw na."** Sabi nya.

Kinuha ko yung twalya at damit ko. Agad akong pumasok sa banyo at sinimulan ang ritwal sa pagligo.

Habang naliligo, naririnig ko si Ci-N sa labas. Para bang meron syang kausap. Pinatay ko sandali yung shower para pakinggan pero tumahimik sila.

Binilisan ko yung pag-ligo ko. Nagbihis na rin ako. May kasama akong lalaki sa kwarto kaya dito na ko nagbihis sa banyo.

Paglabas, hindi nga ako nagkamali. May kausap ang bata'ng kumag.

*Si Aries.*

**"A-anung ginagawa mo dito?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

Masama kasi ang titig nya kay Ci-N. Samantalang naka-upo lang naman sa kama yung isa habang nakatingin sa kanya.

Hindi sumagot si Aries, tinignan lang nya si Ci at naglakad na palabas ng kwarto ko.

Agad akong lumapit kay Ci-N at tinignan kung sinaktan ba sya.

**"Anung ginawa sayo ni Aries?"** Tanung ko sa kanya.

Umiling sya sakin at agad na kinuha yung sapatos nya. Sinuot nya yun at naglakad na palabas ng kwarto ko.

Bakit pakiramdam ko may sinabi or ginawa'ng hindi maganda si Aries sa kanya?

*Tsk!*

Nag-ayos na ko at kinuha yung bag ko. Mabilis akong tumakbo papunta sa Sala kung nasan si Ci-N at naghihintay sakin.

**"Tara na?"** Tanung nya.

Nag-nod lang ako at agad kaming naglakad palabas. Hinihintay kong magsalita sya at magsabi sa nangyari kanina pero pinili ni Ci-N na tumahimik.

*Bakit? Anung nangyari?!*

Asar! Hindi ako sanay ng ganito si Ci-N. Sinubukan ko syang kausapin at asarin pero pilit na ngiti lang ang binibigay nya sakin.

Hanggang sa makarating sa school. Malapit na kami sa room ng bigla syang huminto sa paglalakad dahilan para tumigil din ako.

**"Bakit Ci?"**

**"T-totoo ba?"** Malungkot na tanung nya. **"...Aalis kana ng Section E?"**

*A-anu?!*

Sino namang nagsa-----*pakshit!* Si Aries ang nagsabi sa kanya!

**"Sabi nya, layuan na daw kita kasi aalis kana ng Section E."** Dagdag ni Ci-N.

**"H-hindi... Wag----"**

**"Sino'ng may sabi nun?!"** Galit na tanung ng kung sino mula sa likuran ko.

Natigilan ako. Kilabot sa buong katawan ang bumalot sakin. Kahit hindi ako lumingon alam ko kung sino yung nasa likod ko.

**"Sino'ng may sabi na aalis si Jay-jay ng Section E?!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 129

## Ash

***Jay-jay's POV***

**"Aalis kana ng Section E?!"** Gulat na tanung nila sakin.

Bigla nalang naglabasan ng room ang mga ulupong ng marinig nila yung sigaw ni Keifer.

*Eskandaloso talaga to!*

Agad akong umiling. **"H-hindi..."**

**"Pero yun ang sabi nya sakin."** Pagpipilit ni Ci. **"...Kasi daw mas gusto mo daw makasama ang Papa mo kesa samin."**

*Anaknang...*

Ang lakas ng tama ng Aries na yun. Kay Ci-N nya pa talaga sinabi. Kaya pala bigla nalang sya'ng tumamlay. Ay naku! May araw sakin tong horoscope na to.

"*Ha?! Bakit naman ganun Jay?!*"

"*Ayaw mo na ba kaming kasama?!*"

"*Akala ko ba solid Section E ka?!*"

"*Jay-jay! Wala naman ganyanan!*"

Sabay-sabay nilang sabi at naglapitan pa sakin. Halos masiksik nila ko pero hindi yun ang iniinda ko.

**"T-teka lang! H-hindi ganun yun!"**

**"Si Aries ba?"** Maotoridad na tanung ni Keifer dahilan para tumigil silang lahat.

Hindi ako sumagot pero tinignan nya ko sa mga mata. Hindi ko maiwasan na hindi mailang kaya umiwas ako ng tingin.

Bigla nalang sya'ng naglakad paalis. Kahit hindi sya magsalita alam kong si Aries ang pupuntahan nya. Susundan ko sana sya pero bigla nalang yumakap si Ci-N sa binti ko at nag-iiyak.

*Hala!*

**"Ci! Anu ba yan?!"** Sigaw ko.

**"Wag kang aalis! Dito ka lang sa Section E!"** Sigaw nya habang humahagulgol.

Pinilit kong alisin yung nga bisig nya sa binti ko pero hinigpitan lang nya ang kapit sakin.

**"Jay-jay! Please!"** Pagmamaka-awa nya.

**"H-hindi! Hindi nga ako aalis! Bumitaw kana!"**

**"Jay-jay!"**

Tinignan ko yung mga ulupong para manghingi ng tulong sa kanila pero tinignan lang nila ko.

Panu ko pipigilan yung isa kung hindi ako makakaalis dito?

**"Alisin nyo nga si Ci-N?!"** Utos ko sa kanila.

**"Mangako ka muna na hindi ka aalis ng Section E."** Sabi ni Eren.

*Tengene nemen!*

**"Hindi nga ako aalis! Kailangan kong pigilan yung Hari ng mga Ulupong, kaya alisin nyo na to!"** Sigaw ko sa kanila.

Dahan-dahan silang lumapit sakin at hinawakan si Ci-N pero bigla nalang nya'ng pinaghahampas ang kamay nila.

**"HINDI! DITO LANG AKO!"** Sigaw nya.

**"Ci-N naman!"**

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Pinilit kong tignan kung sino yun. Si Yuri, tumatakbo sya palapit samin.

**"...Anu'ng... Bakit nakaganyan si Ci-N sayo?"** Tanung nya.

**"Kasi----"**

**"AALIS NA SI JAY-JAY NG SECTION E!"** Putol ni Ci-N sa sasabihin ko.

Agad akong tinignan ni Yuri. **"Totoo?"**

**"Hindi! Mamaya ko na papaliwanag! Puntahan mo si Keifer baka mag-away sila ni Aries!"** Utos ko.

Halata kasing mamaya pa ko makaka-alis dito. Hindi ko na maabutan pa yung isa kaya pinaki-usap ko na kay Yuri.

Agad naman sya'ng sumunod. *Very good! Very good!*

Binalikan ko tong bata'ng nakayakap sa binti ko. Iyak pa rin sya ng iyak, eto namang mga ulupong na to nanunuod lang.

Hinawakan ko yung muka nya at hinarap sakin.

**"Ci-N! Hindi ako aalis! Wala'ng aalis!"** Seryosong sabi ko sa kanya.

Tumigil sya sandali at tinignan ako. Hindi ko inalis ang tingin ko sa kanya para maniwala sya'ng totoo yung sinasabi ko. Bumitaw sya sakin at tumayo.

**"Totoo?"** Tanung nya.

Nag-nod ako agad sa kanya. Pinunasan nya yung luha nya at inayos din yung sarili.

Tinignan ko ng masama ang mga luko. Sa halip kasi na tulungan ako, pinanuod lang nila kami.

*Bwisit!*

**"Tara na! Kailangan nating puntahan yung isa!"** Sabi ko at agad na tumakbo papunta ng main building.

Agad silang sumunod sakin.

Hindi nga ako nagkamali. Si Aries nga ang pinuntahan ng walang hiya at nagsimula na sila ng away.

**"Tama na Keifer!"** Sigaw ni Yuri habang inaawat si Keifer at Aries.

Pero ayaw bumitaw nitong Hari sa kwelyo ni Aries. Pati mga Section A nakiki-awat na rin. Nagkaka-gulo na yung mga ibang istudyante.

**"Tara na! Dito na natin tapusin to!"** Hamon ni Aries sa kanya.

**"I will really END this now!"** Galit na sagot ni Keifer.

Tinignan ko yung mga kasama ko. Akala ko kaya sila sumunod para awatin tong Hari ng mga Ulupong na to. Pero nanunuod lang sila ulit.

*Ang galing nyo dyan!*

**"Ay baka po gusto nyong maki-awat?!"** Sarcastic na tanung ko sa kanila.

**"Hindi na... Yaan mo ng mabugbog yang pinsan mo."** Sagot sakin ni Drew.

Tinignan ko sya ng masama. Kung sya kaya ang bugbugin ko dahil sa utang nya sakin na parang hindi na nya maalala.

*Tuwing sisingilin nabibingi.*

**"Awatin nyo!"** Inis na utos ko sa kanila.

Kahit mga halata'ng napipilitan lumapit agad sila kay Keifer. Lima agad silang humawak sa kanya bukod pa kay Yuri pero para'ng mga hirap pa rin sila.

**"Let go of me!"** Sigaw ni Keifer kila Felix at iba pa na may hawak sa kanya.

**"Tama na Keifer!"** Sigaw ni Yuri.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Ayaw kasi talaga nya'ng magpa-awat. Gusto talaga ng away. *Anu ba?!*

**"Hindi talaga magpapa-awat si Keifer!"** Sabi ni Eman.

Hindi ko na kaya pang manuod lang. Agad akong tumakbo palapit sa kanila at pilit pumagitna. Halos mapipi ako sa pagsasagupaan ng dalawa pero hindi ako nagpatinag.

Tinulak ko si Keifer ng buong lakas kaya nakakuha ng pagkakataon sila Felix na ilayo sya at pigilan sa pagsugod.

**"Tama na! Tama na! Awat na! Please lang!"** Sigaw ko habang nakapa-gitna.

**"Pwede ba?! Umalis na kayo ng mga basura'ng yan dito!"** Sigaw samin ni Mykel.

Tinignan ko sya ng masama. Makapagsalita kala ko naman napaka-linis, hininga nga nya amoy basura eh.

**"Shut up! Don't ever talk to Jay-jay like that!"** Sagot ni Yuri sa kanya.

**"Umalis na kayo Jay-jay! Nagkakagulo na yung mga istudyante dahil sa inyo!"** Utos ni Ella samin.

*Kala mo naman kung sino....*

Hindi ko nalang sya pinansin at lumapit nalang ako kay Keifer.

**"Tumigil kana! Umalis na tayo!"** Sabi ko at akmang lalakad na paalis pero bigla syang nagsalita.

**"Not until you swear in front of Aries!"**

Natigilan ako. Anu na naman bang gusto nya? Lumalala lang yung gulo, dapat umalis na kami dito.

**"...Swear that you'll never leave us!"** Dagdag nya pa.

Napatingin ako kay Ci-N na halata'ng hinihintay ang sasabihin ko. Ganun din sa mga kaklase kong para'ng nakiki-usap. Humarap ako ulit kay Keifer na kasalukuyan ng nakatayo ng maayos.

Matagal ko ng napag-isipan to. Kapag sinabi ko na to ngayon, wala ng bawian.

Alam kong kailangan ko talaga'ng magsakripisyo. Eto lang ang paraan na meron at alam kong malaki ang mawawala sakin.

**"I'm sorry..."** Sabi ko. Agad na ngumiti si Aries at halata naman ang pagkabigla nila Yuri. **"...Aries..."** Dugtong ko. **"...But i'm not leaving Section E."**

Nawala ang ngiti ni Aries at agad naman ang kaligayahan ng mga Ulupong na to sa sinabi ko.

**"That's your decision. I can't do anything about it."** Sabi ni Aries at may kinuha sa bulsa nya.

*Pakshit!*

Yung information ni Papa! Meron syang hiniram kay Mykel at laking gulat ko ng makita'ng lighter ang inabot sa kanya nito.

**"Sana hindi mo pagsisihan yan."** Sabi nya at bigla nalang sinindihan ng lighter yung papel. **"...You lose your chance to be with your father."**

Hindi ko maiwasan na hindi manlambot sa nakita ko. Yun na yung last copy ng info na iniwanan ni Papa kila Kuya. Sinira na daw kasi ni Kuya yung tunay ng malaman nyang kumuha si Aries ng kopya.

**"Anung laman ng papel na yun?"** Tanung sakin ni Keifer.

**"Yung info ni Papa..."** bulong ko.

Bigla nalang tumawa si Keifer. Napataas ang isang kilay ko. Nanlulumo na nga ako dito, nagawa pa nya kong tawanan. Nabaliw na ata sya ng tuluyan.

**"You're so stupid Aries! Don't tell me na yan ang ginamit mong pang-black mail kay Jay-jay para umalis sya ng Section E?!"**.

Nagsalubong ang kilay ni Aries sa kanya. Naabo na ng tuluyan yung papel pero nakay Keifer pa rin ang atensyon nila'ng.

**"I think you're forgetting something."** Dagdag nya pa. **"...I can get anything that i want."**

**"What do you mean by that?"** Tanung ni Aries.

**"Anything... Including information about Jay-jay's father."** Sagot ni Keifer at nag-smirk.

*Holy cow kalabaw!*

Ngayon ko lang naisip. Meron nga pala syang motto na pang-bangko. Ang tangga ko talaga, pinuyat ko pa yung sarili ko kakaisip kung panu ko makukuha yung info ni Papa.

Sana pala nuon pa ko nagsabi kay Keifer baka natulungan nya pa ko.

*Asar!*

**"Ha! So your saying that you can find him?"** Inis na tanung ni Aries.

**"In one week, i will find his information. In another week, i can contact him."** Sabi ni Keifer.

Halata'ng hindi natutuwa si Aries. Ayaw nga din pala nyang magkita kami ni Papa. Bad news din para sa kanya yung mga naririnig nya.

**"M-magagawa mo yun?"** Tanung ko kay Keifer.

Ngumiti sya sakin. **"Trust me. Before exam day come, you'll have the chance to talk to him."**

Eto na yun, pagkakataon ko na. Makaka-usap ko na si Papa at hindi ko pa kailangang umalis ng Section E bago magawa yun.

Buti nalang talaga pinili ko sila. Bungol kang Horoscope ka! Hahaha!

*In your face!*

**"Umalis na tayo! Sayang lang oras natin dito!"** Sigaw samin nila Calix.

Nagpalitan muna ng masama'ng titig si Keifer at Aries bago kami tuluyang maka-alis.

Naka-ramdam ako ng excitement. Eto na kasi talaga yung matagal ko ng hinihintay.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 130

**Accident**

***Jay-jay's POV***

Late! Late! Late! Late!

Punyemas! Hindi ako ginising ni Ci-N. Hinayaan nya kong matulog at umalis sya ng hindi rin ako ginigising.

Hiya'ng hiya ako sa kanya. Matapos kong patuluyin sa kwarto ko tapos hindi man lang nag-effort na gisingin ako. Pinatay din nya ang alarm ko ah.

*Sobrang nakakahiya!*

Tinignan ko yung oras sa phone ko. Wala na! Hindi na talaga ako aabot. What worse?! Wala akong masakyan, kundi punuan, ayaw naman akong hintuan.

*Badtrip!*

Umaga pa lang pero amoy hapon na ko. Hagardo Versoza lang!

Lakad takbo kasi ang ginagawa ko. Hindi pa naman ako nakapag-almusal ng maayos. Late na nga kasi ako nagising kaya kumuha nalang ako tinapay at lumarga na.

Huminto ako sandali sa isang kanto. Sobrang hingal na kasi talaga ako. Hindi na rin naman ako aabot, bakit pa ko mag-effort na tumakbo.

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Napatingin ako sa kabilang daan. May lalaking kumakaway sakin. *Si Rory!* Kumaway din ako sa kanya at agad syang tumawid palapit sakin.

**"Late ka na rin."** Pang-aasar nya.

**"Tinanghali ng gising. Ikaw?"**

**"Late na rin ako nagising."** Sagot.

Sabay kaming naglakad. Hindi na rin kami nagmadali, late na nga din kasi. Sayang lang effort namin.

**"Dyan kaba nakatira? Diba magkalapit kayo ng bahay ni Edrix?"** Tanung ko.

Galing kasi sya sa subdivision sa kabilang daan. Hindi naman taga dun si Edrix. Alam ko malayo pa sila.

**"Hindi... Dyan ako natulog sa bahay ng girlfriend ko."** Sagot nya at bigla nalang ngumiti.

*Alam na this!*

**"Yan tayo eh..."**

Naghimas lang sya ng batok at ngumiti sakin. Lukong to! Mukang proud pa sa ginawa nya'ng kalokohan.

**"Ganyan ba talaga kayo? Required ba sa inyong mga lalaki ang makipag----*you know,* yung anes?"** Tanung ko.

Napaka-awkward nito pero hindi ko mapigilan na hindi macurious sa kanila.

**"Hindi naman... Biglaan lang din kasi. Lalu na kung magpapadala ka sa tukso."** Sagot nya.

*Ganun?*

Tukso. Buti nalang hindi ako nagpadala dyan nung *New Year*. Kung nagkataon, ay naku! Tapos ang buhay ko sa kamay ni Kuya Angelo.

**"Ahh..."** Sagot ko habang nag-nod.

Bigla nalang syang ngumiti ng nakaka-loko. Agad naman akong gumanti ng natalim na tingin sa kanya.

**"Wala ka pang experience no?"** Mapang-asar nyang tanung.

*Muntik lang----ay wala!*

**"H-ha? W-wag mo nga akong tanungin ng ganyan!"**

**"Bakit namumula ka?"**

Hinawakan ko agad ang pisngi ko para hindi nya makita. *Asar!* Bakit ba kasi dito napunta yung usapan namin?

**"...di bale. Kapag naging kayo naman na ni Keifer, pwede ka'ng magpaturo sa kanya."** Sabi nya at bigla nalang tumawa ng malakas.

*Tang'na'ng to! Gago ay!*

Agad ko syang tinignan ng masama. Malakas na suntok din sa braso nya ang binigay ko para tumigil sya.

**"Aray... Sakit nun."** Reklamo nya habang hinihimas ang braso nya.

Muka bang kailangan kong magpaturo ng mga gano'ng bagay? At ka Keifer pa talaga ah?

*Aarrgghhh!! Don't think about it!*

Bakit parang may kirot sa puso ng bigla kong maisip na baka nagawa na ni Keifer ang mga ganong bagay? Wala dapat akong paki sa mga ganon at sa kung anong ginagawa niya sa buhay. Expect na lang sa panggugulo niya sa 'kin.

*Paano kung pati si Yuri?*

Ewan ko ba pero ang weird sa pakiramdam na maiisip kong ganon silang lahat. Lalaki naman sila, buhay naman nila 'yan. Kaso, deep inside parang may part ko na concern pa rin.

Hindi naman sa sinasabi kong bawal silang mag-explore.

Tumahimik nalang ako habang patuloy kami sa paglalakad. Isang kanto nalang sana at nasa school na kami pero bigla nalang ako'ng hinawakan ni Rory sa braso at hinatak papunta sa ibang direksyon.

**"Huy! Saan tayo----"**

**"Ssssshhhhh... Wag kang lilingon. May sumusunod satin."** Bulong nya sakin.

Nakaramdam ako ng kaba. Gusto ko sana'ng lumingon para alamin kung sino sila pero utos ni Rory na wag daw.

Binilisan namin ang paglalakad. Lumiko kami sa isang eskinita.

**"Tawagan mo sila Keifer."** Utos ni Rory sakin.

Agad kong kinuha yung cellphone ko. Tatawagan ko na sana si Keifer pero bigla nalang akong tinulak ni Rory dahilan para mapasandal ako sa pader.

Nagulat nalang ako ng makita ko yung mga sumusunod samin na kinakalaban ni Rory mag-isa.

**"Rory!"** Sigaw ko.

Akmang lalapit sakin ang isa sa mga kinakalaban nya pero agad syang pinigilan ni Rory. Hindi ako makagalaw, wala man lang ako'ng magawa para matulungan sya.

**"Ayun yung babae!"** Sigaw nung mga lalaking kakadating lang.

**"Jay-jay! Umalis kana dito!"** Utos ni Rory.

Pero hindi ako makagalaw. Hindi ko sya kaya'ng iwan.

**"Jay-jay!"**

Hindi na ko nakapag-isip pa. Lumapit ako kay Rory at tinulungan sya. Basta nalang ako'ng naki-sipa at suntok.

**"Sabi ko umalis kana! Bakit andito ka pa?!"**

**"Hindi kita pwede'ng iwan!"** Sagot ko sa kanya.

**"Ha! Akala nyo ba kaya nyo kami?! Dalawa lang kayo! Mahigit sampo kaming andito!"** Sabi ng isa sa kanila.

**"Anu bang kailangan nyo?!"** Tanung ni Rory.

**"Yang babae! Alam naming girlfriend ni Keifer yan!"** Sagot ng isa sa kanila.

*Ha?!*

Anu daw? Girlfriend ni Keifer?! Anaknang... Saan na naman galing yang balita na yan?!

**"Hindi no! Hindi ko boyfriend yung kumag na yun!"** Tanggi ko.

**"Akala mo naman maniniwala kami?!"**

*Syempre hindi!*

Alam ko namang mahina ang ulo nyo para maniwala kayo sa sinabi ko. Saan ba kasi nauso yung balita na ako yung girlfriend ng kumag na yun?

**"Kailangan nating makaalis dito."** Bulong ni Rory.

**"Pano?"**

**"Ganito..."** Sabi nya at tumingin sa paligid na parang may hinahanap. Tumingin sya sakin at biglang. **"...TAKBO!"**

Bigla nalang syang tumakbo. Medyo nalito pa ko pero agad din akong tumakbo paalis.

**"Hoy! Bumalik kayo dito!"**

*Ayoko nga!*

Bakit ba lagi nalang silang sumisigaw ng ganun kapag tinakbuhan sila? Akala naman nila dahil sinabi nila babalik kami ng ganun lang.

**"Jay-jay! Balik tayo!"** Sigaw ni Rory.

Tatanungin ko pa lang sana kung bakit pero nakita na yung dahilan. Mas maraming kalalakihan ang sasalubong samin.

Pero pagbalik namin, kasalubong din namin yung mga kasugapaan namin kanina lang.

Napahinto nalang kami sa gitna. Ala na! Corner na kami.

**"Hindi na kayo makakatakas!"**

*Pakshit!*

Bigla nalang naglabas ng balisong yung apat sa kanila. Pilit ako'ng tinago ni Rory sa likod nya pero walang saysay yun, nakapa-ikot sila samin.

**"Ibigay mo nalang samin yang girlfriend ni Keifer para wala ng gulo!"** Sabi ng isa sa kanila.

HINDI NGA AKO GIRLFRIEND NI KEIFER! *Kingina naman!* Eto nga ba sinasabi ko eh. Kasalanan to nung kumag na yun.

**"Mas lalaki ang gulo kapag ginawa ko yun."** Sagot ni Rory.

Sandali'ng nagtinginan yung mga may hawak ng balisong at bigla nalang silang sumugod samin.

Paglingon ko sa kabilang bahagi ko. Palapit na yung isa kanila. Hindi na ko nakagalaw, huli na kasi para umilag pa. Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama sakin ng patalim.

**"JAY-JAY!"**

++++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

Bakit wala pa sya? Kung nalate nga sya ng gising, atleast kahit kalahati ng lecture ni Sir Alvin maabutan nya.

Pero tapos na yung dalawa'ng subject namin. Wala parin sya.

*Something is wrong.*

I'm about to get my phone from my pocket but i stop. Baka maghinala na sya kung gagamitin ko na naman yun para mahanap sya.

But i can't stop thinking about her. I'm worried and irritated at the same time. There are days that she is late but she always make it before second subject came.

If she's absent, she will call or text one of us. This is really weird.

**"Bakit kaya wala pa si Jay-jay?"** Ci-N ask looking at Jay-jay's table.

That's the same question i'm asking for about two hours now. I look at Yuri, he's looking at his notes but i know what's running in his mind.

**"Did she text or call you?"** I ask him.

He shook his head without looking at me.

*Damn it!*

Why are you making me worried sick? I don't have any choice. I immediately get my phone and use it.

For about a minute i'm staring at it and waiting for the result. This is the only way to find her.

Suddenly, the result just came out. Napatayo nalang ako ng makita at mabasa ko yung current location nya.

*Hospital?*

**"Ci-N!"** I shout. He look at me confuse. **"...Call your parents! Confirm if they have a patient that wear an HVIS uniform!"**

Kahit yung iba naguguluhan na rin. Kinuha ni Ci-N yung phone nya at nag-dial.

**"Keifer..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...Bakit?"**

**"Si Jay-jay..."**

He stand up and look at me straight in the eye.

**"Keifer! Yung nurse sa emergency room ang tinawagan ko."** Ci-N said while waiting for someone to answer his phone.

I can't wait anymore. What if meron ngang nangyari sa kanya? *Fvck!* Baka kung anung magawa ko kung meron ngang nangyari'ng hindi maganda sa kanya. Not again!

**"Meron daw... Lalaki, Abejar daw apilyido."** Bigla'ng sabi ni Ci-N.

*So it's not her!*

I suppose to feel relief but i don't. I want to see her and confirm it with my own eyes.

**"Abejar? Diba si Rory yun?"** Tanung ni Edrix at pare-pareho silang tumingin sa upuan ni Rory.

What the... I just notice it. Wala nga din si Rory. *Wait!* Panu kung magkasama sila?

Hindi na ko nagdalawang isip pa. I immediately run out of our room. Narinig ko pang tinawag nila ko but i didn't stop.

*What if something happens?!*

Sumakay ako agad ng kotse. I start the engine and drive like a mad man. No one can stop at this moment.

Pagdating sa hospital, dumiretso kagad ako sa emergency. Napakaraming pasyente. Lalapit sana ako sa information pero napakaraming tao ang nakaharang sa daan.

*I have no choice.*

Agad akong tumakbo at lumapit sa bawat kama'ng makita ko. Binubuksan ko bawat kurtina'ng nakasara. Halos sigawan na ko ng mga nurse dahil sa ginagawa ko.

**"Keifer!"** Someone called me.

I turn around to see who it is. It was Yuri and and the others. Andito na sila agad? Am i too occupied para hindi mapansin yung oras at bilis ng pagsunod nila sakin?

**"Anu bang nangyayari? Asan si Rory?"** Edrix ask.

But i can't answer him. Hindi naman kasi Rory ang pinuntahan ko dito.

*Where the hell are you?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 131

**Blood**

***Keifer's POV***

*Jay-jay!*

Please answer you damn phone! Ring lang ring pero wala namang sumasagot. If i check her current location andito pa rin sya.

**"Keifer! Nakita ko na si Rory!"** Drew shout.

Agad namin syang sinundan. Binuksan nya yung isa sa mga kurtina at bumungad si Rory. Wala syang pang-itaas at tinatahi ng nurse ang sugat nya sa likod.

**"Buti nalang at mababaw lang ang sugat. Pero tinahi pa rin namin para tumigil ang bleeding."** Sabi nung nurse at nilagyan naman ng bandage ang sugat nya.

**"Thank you po."** Sabi ni Rory.

We wait until the nurse walk away.

**"Asan si Jay-jay?!"** I ask immediately.

**"Andyan sa----"** He stop and look around. **"...Nawala. Andyan lang sya kanina."**

*Seriously?!*

I try to look around again. Pero wala ng naka-uniform ng HVIS dito. In fact there's no other highschool student here.

**"Ang weird ni Jay-jay."** Rory suddenly said.

**"Huh?! Anu'ng sabi mo?"** Ci-N ask.

**"Bigla nalang kasi sya'ng nanginig sa takot nung umagos yung dugo ko. Hindi sya nagsasalita tapos umiiyak."** He explain.

*No!*

Nangyari na naman kaya? Hindi pwede. Panu kung nangyari na naman and right now she's still out of her mind?

Lalakad na sana ako paalis para hanapin sya ulit but i hear Rory said a name reason for me to stop.

**"Buti nalang dumating si David para tulungan kami."** He said while smiling.

David help them. *Fvck!* No! They can't be together. Akala ba nya hindi ko napapansin. He's up to something.

I run as fast as i can. I keep calling her phone at the same time. Then out of no where i hear a very familiar ringtone.

*Secret of One Republic*

I follow that sound, the more i walk or run faster it's getting louder. Malayo na ko sa emergency room. Medyo madilim na yung hallway and wala na ring tao'ng dumadaan dito.

I stop, same time as the sound and my phone stop. Right at the corner, nakaupo sya sa sahig. Yakap ang mga binti at tuhod nya habang nakayuko.

I slowly walk toward her. When i get closer, i kneel down. Dun ko lang napansin na puro dugo ang katawan nya. Ganun din ang mga kamay nya.

*No! Please! Wag naman sana!*

**"Jay..."** I called her.

Unti-unti nya'ng tinaas ang ulo nya at tumingin sakin. Bigla nalang sya'ng umiyak ng malakas.

**"K-keifer..."** Sabi nya at agad na yumakap sakin.

I hug her back. Oh crap! Akala ko may nangyari na sa kanya. Akala ko naulit na naman.

**"You make me worried sick!"** I said and kiss her head.

**"Keifer... A-ang daming dugo."** She said while still crying.

Hinimas ko yung likod at buhok nya. **"Sshhh... It's okay, i'm here. Don't cry."**

**"N-natakot ako... Akala ko m-ma-uulit yung nangyari."**

**"Stop crying... Everything is okay now."** I said.

But she won't stop. Mahirap patigilin kung hindi naman nya kaya'ng pigilan. So, i just let her cry like a child.

But i feel relief when she said that she thought that it will happen again. It's means that it didn't happen for some reason, but why?

As much as i love to ask Jay-jay about it, i know that i can't. Hindi nga nya masagot kung bakit sya nagkakaganun panu pa kaya yung 'bakit hindi sya nagkaganun?'.

Her phone ring. Wala pa rin sya'ng tigil sa pag-iyak kaya ako na ang kumuha ng phone nya sa bag.

May bahid din ng dugo yung bag at mga gamit nya. It was Yuri whose calling her.

*Not this time!*

I put her phone on silent without declining the call. I won't let Yuri to have Jay-jay now.

*She is mine!*

**"Keifer..."** Jay-jay called me and stop crying. **"...Si Rory? Kamusta sya?"** She ask worriedly.

Umayos sya ng upo st humarap sakin. And dumi nya tignan dahil sa mga dugo sa katawan at muka nya. Puti pa naman din ang damit nya.

**"Okay na sya..."** I said and force a smile.

I wipe her tears and blood in her cheeks.

**"H-hindi ko maintindihan."** She said.

**"Hm?"**

**"Nakakita ako ng dugo... S-sobrang dami'ng dugo pero hindi ako nawalan ng malay at nanakit ng iba."**

**"Will figured that one out. But right now, you need to take a rest and clean yourself as well."** I said and stand up.

I offer my hand to her. She grab it and stand up. Hindi pa sya nakakahakbang kusa ng bumagsak ang tuhod nya at muntik na sya'ng matumba. It's a good thing my reflexes are fast, i catch her before she reach the floor.

**"Are you okay?"** I ask worriedly.

**"N-nanginginig pa rin yung tuhod ko."**

Without having second thought, agad ko sya'ng binuhat bridal style. Ramdam ko yung pagkabigla nya.

**"K-keifer..."**

**"Shut up and let me be a gentleman."** I said and smirk.

Minsan kasi hindi makuha ng babae'ng to na nagpapaka-gentleman ako sa kanya. Ang alam lang yata nya ang laitin ako.

Mabilis akong naglakad pabalik ng emergency room kung nasan sila'ng lahat. Nagkukumpulan sila sa pwesto ni Rory.

Kita'ng kita ko kung panu kami tignan ni Yuri. His look when he saw me helping the girl she love but she can't do anything about it. Envy, jealousy and disappointment.

**"Anu'ng nangyari kay Jay-jay?!"** Ci-N ask while running toward us.

**"Nothing. Kailangan lang nya'ng malinisan at magpahinga."**

Inihiga ko sya sa kama sa tabi ng kay Rory. Mas malinaw ko sya'ng nakikita ngayon, may mga gasgas at galos din pala sya sa siko at tuhod.

**"Ci-N! Get some towel and water!"** Utos ko.

Agad naman nya'ng tinawag yung isa sa mga nurse at hiningi ang mga bagay na inutos ko.

Lumapit si Yuri samin at tinignan si Jay-jay.

**"Jay! Anu'ng nangyari? May masakit ba sayo?!"** Yuri ask worriedly.

Gusto ko'ng matawa sa itsura nya. Masyado sya'ng obvious sa harap ng mga classmate namin. Sya nagsabi na wala daw sya'ng balak ipaalam yung kung anu'ng meron sa kanila ni Jay-jay. Pero eto sya at parang pinagsisigawan yun.

*That fvcking engagement!*

**"O-okay lang ako... Si Rory?"** Jay-jay ask.

Agad namang kumaway si Rory na halos nasa katapat lang nya. Compare what they look like now? Mas muka pang napuruhan si Jay-jay kesa kay Rory.

May lumapit na nurse samin dala yung mga hinihingi ko. I grab one towel and soak it in the water. Hinawakan ko yung muka ni Jay-jay at pinunasan yung mga dugo.

Hindi ko maiwasan na hindi sya tignan sa mata. Pero sya, pinili nya'ng umiwas. I understand, specially that Yuri is in front of us.

Nanguha din ng towel si Yuri at sinimulang punasan ang dugo sa braso at kamay ni Jay-jay.

*Ha! And the competition begin!*

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Ang weird nilang tignan. Kung hindi lang siguro sa nangyari, makukutusan ko tong dalawa na to. Hindi malaman kung talaga bang tinutulungan ako o nagpapasikatan lang sila.

Naguguluhan talaga ako! *Bakit hindi naulit yung nangyari dati sakin?*

Habang patuloy tong dalawa sa ginagawa nila, nag-uusap naman yung iba tungkol sa nangyari'ng pagsugod samin ng mga kalalakihan mula sa ibang school.

**"Ang dami nila... Si Jay-jay din ang gusto nila'ng makuha kagaya nung iba."** Paliwanag ni Rory.

**"Sure ako'ng babalik yung mga yun."** Sabi ni Edrix.

**"Nakakapagtaka lang, bakit ngayon sila naglabasan? Hindi dati na pakalat-kalat lang tayo sa daan."** Sabi ni Eren.

Oo nga, bakit hindi noon? At bakit ako na naman ang target nila? Hindi ba sila napapagod, ako malapit-lapit na.

**"It very simple."** Singit ni Keifer sa usapan nila. **"...Humina na si Ram, kaya wala ng namamagitan sa lahat ng gang sa lugar na to."**

*Si Ram? Yung sinaktan ko dati.*

**"Panu'ng namamagitan?"** Tanung ni Ci-N.

Kapag talaga away, active tong isa na to. Nagiging interesado bigla.

**"He is the one who control them. Now that he is weak, wala ng kumukontrol sa kanila. Kaya para sa silang mga hayop na nakawala sa koral."** Paliwanag ni Keifer at pinunasan ang muka ko.

**"Pero bakit si Jay-jay ang puntirya nila?"** Tanung ni Felix.

**"Para makaganti sakin."** Mabilis nya'ng sagot.

Pare-pareho kaming tumingin sa kanya at hinintay ang sasabihin nya.

**"...They all think that you are my girlfriend."** Sabi nya sakin.

*Ay.. oo nga pala!*

Yun yung sinabi nung mga sumugod sakin nung christmas party at kanina lang. Saan ba kasi nagmula yung tsismis na yan?

**"What we're going to do now?"** Tanung ni Yuri at sandali'ng tumigil sa ginagawa.

**"Pwede nating bantayan si Jay-jay, para masiguro na walang mananakit sa kanya."** Suggestion ni Blaster.

**"Pwede rin... Pero may nga sarili din tayong pinagkaka-abalahan kaya alanganin."** Sagot ni Felix.

**"Kung sino nalang ang pwede."** Sabi ni Drew.

**"Pwede ako, 24/7!"** Sabi ni Ci-N habang nakataas ang kamay.

**"24/7?"** Tanung ni Josh.

**"Sa kanila ako nakatira kaya wala'ng problema."**

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. *Pakshit!* Hindi pa nila alam yung tungkol don. Natigilan sila'ng lahat at tumingin kay Ci-N.

**"Naka-tira ka kila Jay-jay?"** Tanung ni Kit.

Proud na nag-nod si Ci-N at tumingin samin. Bigla nalang sya'ng nagtago sa likod ni Felix sa hindi ko maintindihan na dahilan.

Tinignan ko yun dalawa'ng katabi ko na tumigil sa pagpupunas.

*Hala! Lagot si Ci!*

Masama na ang tingin sa kanya ni Keifer at Yuri. Muka silang papatay ng bata.

**"Kindly explain... Why is Ci-N live in your house?"** Tanung ni Yuri sakin.

**"A-anu?"**

Bakit ba ko bigla'ng kinabahan? Tinignan ko si Ci-N para manghingi ng tulong pero ang luko nagtago ng husto sa likod ni Felix.

*A-anu ba to?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

OceanofPDF.com

# Chapter 132

**Karate**

***David's POV***

**["*How is she?*"]** Percy ask over the phone.

**"She look terrified when i found them. Akala ko sya yung nasaksak sa dami ng dugo, pero niyakap lang pala nya si Rory."** I explain.

Akala ko nung una, simple'ng gulo lang yung nadaanan ko. Ayaw ng magkabilang school. Hanggang sa narinig ko yung isa sa kanila na binanggit ang pangalan ni Keifer at girlfriend daw nya.

It's a good thing i follow my instinct. Hindi na gumagalaw si Jay-jay sa sahig habang nakatingin sa mga kamay nya'ng puno ng dugo ng makita ko sya sa gitna at pinalilibutan ng mga kalalakihan. Si Rory naman, putla'ng putla at pilit nakikipag-laban kahit muka'ng nanghihina na.

Kung hindi ako dumating baka kung anu na nangyari sa kanila.

**["*Bakit nangyari to?! Anu'ng katangahan na naman ang ginawa ni Keifer at nadamay si Jay-jay?!*"]** Galit na tanung nya.

Hindi ako sigurado pero malakas ang kutob kong binabalikan na sya ng mga naka-away nya dati. Specially now that Ram is no longer have the throne and power.

**"Mukang si Jay-jay ang gusto nilang gamitin para makaganti kay Keifer."**

**["*Ha! Wala talaga'ng isip ang Keifer na yan!*"]**

**"Anu ng balak mo?"**

**["*Wala pa. Pero pagbalik ko dyan, humanda sakin si Yuri.*"]** He said and ended the call.

Ibang klase! Muka'ng lalung nagatungan ang galit nya kay Yuri. Hindi ko alam ang buong kwento nila'ng magkakaibigan. Ayokong maki-usyoso at hindi ko gawain yun.

But i know somehow that Yuri owe something to him. While Keifer makes him mad because of Jay-jay. I don't hear him saying anything about Aries.

Maybe in the future i'll know what exactly happen to them.

Babalik na sana ako sa loob ng ospital pero nakita ko yung mga classmate ko na palabas na. Nakita ko pang naka-upo sa wheel chair si Rory at Ci-N. Samantala'ng akay-akay ni Keifer at Yuri si Jay-jay.

While looking at them, hindi ko maiwasan na hindi isipin si Ella. The same history is repeating at the same section and same person. Sana lang kaya ni Jay-jay na tanggapin ang tunay na ugali ng dalawa na yan at ng buong Section E kapag nagka-gulo na.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"*Karatey! Karatey!*"** Paulit-ulit na sigaw ni Ci-N habang sumisipa sa ere.

*Sasampalin ko na to eh!*

Para sya'ng sira'ng plaka. Malapit-lapit ng matulig ang tenga ko. Feeling ko nalaglag na lahat ng tulok ko. *Bwisit kasi!*

Nabanggit kasi nila Mayo na mas mabuti daw na turuan ako kahit self defense lang. Basta dapat makatakbo ako agad at makahingi ako ng tulong.

Ayaw nila kong payagan na makipag-laban kahit kaya ko naman.

*Pfffttt... Daya!*

**"*Karatey! Karatey!*"**

Natampal ko nalang ang sarili kong noo dahil sa pinag-gagagawa nya. Nasa harap lang kami ng room, nakaupo ako sa isa sa mga bangko'ng nakatambak dito sa tapat namin.

**"Ci-N!"** Tawag ko sa kanya. **"...Batok mo ang kakarate*y*-hin ko kapag hindi ka tumigil!"**

Huminto naman ang luko at kamot ulo na lumapit sakin.

**"Tagal kasi nila Keifer."** Sabi nya.

**"Naku! Wag ka ng umasa'ng maaga ang wala'ng hiya na yun. Dinaig pa nya principal sa oras ng pasok nya."**

Nagkibit balikat lang si Ci-N. Sandali kong tinignan yung oras sa phone ko. Maaga pa naman at wala ding klase ngayon dahil may meeting daw mga teacher.

Aksidente akong napatingin sa rooftop ng main building. Ngayon ko lang na-realize kita'ng kita pala yun dito kahit medyo malayo.

*At may tao...*

Sino kaya yun? Nakatingin yata sya samin ni Ci-N. Sure ako'ng babae sya dahil naka-uniform ng pambabae.

**"Kita mo yun?"** Tanung ko habang naka-nguso sa rooftop.

**"Hm?"** Tinignan naman nya yung tinuro ko. **"...Oo, bakit?"**

**"Wala lang... Natanung ko lang."**

**"Si Ella yan."** Bored nya'ng sagot habang nagkukut-kot ng kung anu sa daliri nya.

**"Si Ella? Panu mo naman nasabi?"**

**"Lagi nya'ng ginagawa yan... Kumakaway pa nga sya sakin dati."**

Oo nga pala, naging magkaibigan din sila. Pero hindi ko lang maintindihan, kung bakit para'ng wala na lang kay Ci-N yung pinag-samahan nila.

**"M-may nangyari bang hindi maganda sa inyo dati? Bakit hindi na kayo nagpapansinan?"**

Sandali nya kong tinignan at bumalik sya sa ginagawa.

**"May kasalanan sya sakin."** Sabi nya at tumingin sa rooftop.

Andun pa rin si Ella at nakatingin samin, meron na sya'ng kasama ngayon at feeling ko si Aries yun.

**"Anu yun?"**

**"Sinaktan ako ng mga classmate nya at wala man lang sya'ng ginawa. Humingi pa ko ng tulong sa kanya nun pero umiwas sya ng tingin."** Paliwanag nya.

Ramdam ko yung lungkot sa boses nya. Mabigat siguro para kay Ci-N yun. Kaibigan nya yung hiningan nya ng tulong pero iniwasan lang sya.

**"Nasundan pa yang kasalanan nya."** Dagdag pa nya. **"...Yung pinagbintangan ako'ng magnanakaw nung nakaraan."**

Oo! Naalala ko yun. Si Imelda Maldita. Kala naman nya makakatagal sya. Buti nalang dumating ako nun kundi gulpi sarado na yung jowabels nya.

*Ay nagulpi na pala...*

**"Oo.. Naaalala ko pa yun."**

**"Sya may pakana nun."** Sabi ni Ci at yumuko.

*WTF?!!!*

**"P-panu mo nalaman?"**

**"Kay Keifer."** Halos pabulong nya'ng sagot.

Ang akala ko hindi nya alam o inalam pa kung sino may pakana nun. Alam kong may motto yun na pang-bangko kaya hindi na ko nagtataka kung panu nya nalaman. Pero bakit wala sya'ng sinabi sakin.

**"Bakit wala kayo'ng ginawa?"**

Kahit parang alam ko na yung sagot sa tanung ko. Hinayaan ko pa rin si Ci-N na magsalita.

**"Ella yun eh... May tama pa si Keifer sa kanya nun."**

*Tama ako.*

Asar! May kung anu'ng meron sa dibdib ko at nahihirapan ako'ng huminga. Kahit sinabi ni Keifer na ako na yung gusto nya, hindi ko pa rin maiwasan na hindi masaktan.

Tumahimik nalang ako at tumingin sa kung saan. Ayoko ng tignan yung rooftop nung building.

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Tinignan ko naman yun. **"Bakit?"** Tanung ko kay Kit.

**"Anu'ng bakit? Tara na! Andito na si Keifer."** Inis na sabi nya sakin.

Tumayo naman kami ni Ci at naglakad na palapit sa kanya. Pagpasok sa room, naka-ayos yung mga table at nakasiksik sa gilid.

Nakita ko yung iba na naka-tshirt nalang. Kagaya ni Yuri at Keifer.

**"*Karatey 101* begin!"** Sigaw ni Ci-N habang pumapalakpak.

**"Basic ang ituturo namin sayo."** Sabi ni Yuri.

Napakamot ako sa ulo. *Basic basic... Pfffttt...*

Tinuro ni Keifer yung pwesto sa pagitan nila ni Yuri. Pinapalipat nya ko dun. Ako naman tong wala sa sarili, sumunod naman.

**"Papakitaan ka muna namin ng mga natutunan namin."** Sabi ni Felix.

Nag-nod naman ako at hinayaan sila.

Lumakad sa gitna si Felix habang may hawak na notebook. Tinaas nya yun at tinawag si Ci-N.

*Anu'ng gagawin nila?*

Pumwesto si Ci at umasta na para'ng si Bruce Lee.

**"Wooooaaaahhhhh..."** Sabi nya.

Dun ko lang na-realize kung anu'ng gagawin nila. Sisipain ni Ci-N yung notebook sa kamay ni Felix. Hindi kaya! Masyado'ng mataas at ang liit ni Ci.

Bigla nalang tumalon si Ci at umikot sa ere.

*Hindi aabot! Hindi aabot!*-----*UMABOT!*

Ang galing! Putik! Nagawa ni Ci-N, naabot nya yung notebook sa kamay ni Felix. Napapalakpak nalang ako sa pagkamangha.

**"Ang galing! Gusto ko din nyan!"** Sabi ko.

**"Matagal bago mo matutunan yan. Mag-focus muna tayo sa self defense at basic."** Sabi ni Yuri sakin.

**"Ayoko! Ganun ang gusto ko!"**

**"Next time na nga yan! Basic muna!"** Pagpipilit ni Keifer.

**"Ganun nga gusto ko!"**

**"Ay ang kulit! Hindi nga basta-basta yan!"** Galit na sabi ni Keifer.

**"Kaya nga ituro mo!"**

**"Mahina ba kukote mo?! Next time na nga yan!"**

**"Mas mahina kukote mo! Hindi mo ma-gets ang gusto ko!"**

**"Awat na! Awat na!"** Sigaw ng mga ulupong samin.

Late ko na napansin na pinapanuod pala nila kami. Eto kasi'ng kumag na to! Hindi magets yung gusto ko.

**"Ako nalang magtuturo sayo nun."** Sabi ni Ci-N kaya tumigil na rin ako.

*Nice! High kick!*

**"Simulan na natin..."** Balik ni Yuri sa topic. **"Sa buong Section E, lima kami'ng may alam ng Martial Arts. Kung isasama pa yung alam ni Mayo, anim na kami."** Paliwanag nya.

**"Ahh... Yung kapour."** Wala sa sarili kong sagot.

Tinignan nila ko pare-pareho. Napakamot naman si Mayo sa ulo habang natatawa.

**"Jay... Parkour yun."** Pagtatama sakin ni Felix.

Hindi kaya! Tong mga to, ginagawa pa kong tanga. Gago ata!

**"Hindi. Kapour daw."** Pagpipilit ko.

**"Parkour talaga."** Sabi ni Mayo.

*Hm?!*

Anu ba talaga? Tanda ko talaga yun ang sinabi nya sakin.

**"Sabi mo sakin Kapour!"** Inis na sabi ko.

Feeling ko kasi napapahiya ako. Hindi maintindihan kung alin ang tama sa mga pinagsasabi namin.

**"Parkour."** Sagot sakin ni Mayo.

**"Kapour!"**

**"Parkour!"**

**"Kapour nga sabi mo!"**

**"Parkour!"**

**"Kapour! Kapour! Kapour!"**

**"Parkour nga sinabi!"** Inis na sabi ni Mayo.

Halata'ng napipikon na sya. Mabilis pa namang mainis tong luko na to.

**"Kapour! Kapour ka nga sinabi mo! Kapour! Kapour! Kapour!"** Pag-uulit ko.

Halata'ng napikon na sya at pilit lang tinatago. Napapakamot na rin sya ng ulo at kilay.

**"Kulit! Parkour----"**

**"STOP! STOP! STOP! STOP!"** Galit na sigaw ni Keifer na nagpayanig saming lahat. **"...Stop it! And stop acting like a child!"**

Napayuko nalang ako sabay nguso. Yan tuloy! Nakagalitan ako ng Hari dahil kay Mayo.

*Kulit kasi!*

**"Isa pa! Kukutusan ko kayo pareho!"** Banta nya samin sabay lakad palayo.

Tinignan ko si Mayo na halata'ng naiinis pa rin sakin.

**"Kapour kasi..."** Bulong ko na mukang narinig din nya.

**"Tanga mo! Parkour nga sinabi!"** Sigaw nya sakin.

Langya'ng to! Sinabihan ako ng Tanga.

**"Mas Tanga ka! Gago!"** Galit na sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang sila'ng natigilan at halata'ng nabigla sa sinabi ko. *Teka! Anu nga ulit sinabi ko?!*

**"Ay... Nagmura si Jay-jay."** Sabi ni Ci-N at tumingin sila kay Keifer.

Pati ako napatingin na rin sa kanya. Muka'ng alam ko na. *Patay!* Bigla nalang sya'ng nag-smirk.

**"Profanity."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 133

**Kiss**

***Jay-jay's POV***

Isinusumpa ko to'ng Hari ng mga Ulupong na to!

Ninakawan na naman nya ko ng halik. Ang masama sa harap talaga ni Yuri. Yung mga wala'ng saysay na ulupong naman naka-tanga lang samin.

*Kainis!*

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya.

Kanina nya pa ko hindi pinapansin. Nagalit ata dahil sa ginawa ni Keifer kumag. *Lagot!*

**"Hm?"** Tinignan nya ko sandali tapos bumalik sa notes na kaharap nya.

**"Uy..."** Tawag ko ulit sa kanya. **"...Bakit hindi mo ko pinapansin?"**

**"Kasi nag-aaral tayo."**

**"Weh? Bakit dati----"**

**"Ms. Mariano, may gusto kabang i-share sa klase na to?"** Tawag sakin ng teacher.

Agad akong umiling at umayos ng upo. Ayan! Kinagalitan na ko ng teacher. Grabehan! Si Yuri kasi, ayaw akong pansinin.

Tinignan ko sya sandali. Inayos nya yung notes nya at nagbuntong hininga.

Gusto ko pa sana sya'ng tanungin ulit. Kayalang baka makagalitan na naman ako ng teacher. Tinignan ko yung notes ko'ng puro guhit lang ang laman. Hindi kasi ako ngsulat, hindi naman kasi ako nakikinig.

Tumilas ako ng kapiraso at sinulatan yun.

'*Yuri kasi!*' sulat ko dun sa papel at tinupi yun at mabilis na inabot sa kanya.

Alanganin pa sya nung una kung tatanggapin ba nya o hindi. Tumaas pa isang kilay nya bago ako tignan at sagutan yung papel.

Mabilis nya'ng binato pabalik sakin yun.

'*Please! Pay attention to our lesson and not on me.*' sagot nya.

*Touché!*

Sakit ata! Tagos sa kalaman-lamanan. Benggal ako dun ah. Okay, dahil napahiya nilukot ko nalang yung papel at tinapon sa bag ko.

Nakapanga-lung-baba pa kong humarap sa board. *Kainis!* Yung nag-effort ka tapos pinahiya ka naman.

May bigla nalang tumilapon na papel sa table ko. Alam kong galing kay Yuri kaya hindi ko pinansin. Pay attention daw sa lesson, edi sa lesson tayo!

Hindi nagtagal, nasundan na naman yung papel. Sandali ko sya'ng tinignan pero patay malisya sya kaya hindi ko ulit ginalaw yung papel.

Maya-maya, may panibago na naman. Nasundan na naman yung ng isa pa. Medyo naiinis na ko sa ginagawa nya kaya inis ko sya'ng tinignan.

Kinuha ko lahat ng papel na hinagis nya sa table ko at inis na inilagay yun lahat sa table nya.

**"Ms. Mariano! Kung wala kang balak makinig pwede ka ng lumabas!"** Galit na sabi sakin nung teacher namin.

*Anaknang...*

**"P-pero Ma'am----"**

**"LABAS!"** Putol nya sa sasabihin ko.

Napilitan akong tumayo. Tinignan ko ng masama si Yuri. *Kingina kasi!* Nakayuko pa kong naglakad palabas pero hindi nakaiwas sa paningin ko yung pagtawa ni Ci-N sakin.

*Bata'ng kumag!*

Yari sakin tong Ci-N na to sa bahay!

Paglabas, dumiretso ako sa gilid ng room. Nagpunta ako sa part ng mapuno. Wala naman kasi ako'ng ibang pupuntahan.

*Salamat kay Yuri!*

Umupo ako sa bangkuan na pinwestuhan namin dati. Naalala ko bigla, dito ako una'ng hinalikan ni Yuri.

*Hay naku!*

Naba-badtrip tuloy ako kapag naalala ko sya. Busit kasi! Sya talaga may kasalanan kung bakit ako napalabas.

Kung hindi nya ko binato-bato ng papel na yan, nasa room pa sana ako at nakikinig sa klase----*charot!* Hindi naman talaga ako nakikinig.

**"Kainis..."** Bulong ko.

**"Sorry na..."**

**"Ay palaka!"** Sigaw ko.

Nagulat kasi ako sa nagsalita. Akala ko kasi nag-iisa lang ako dito sa labas. Agad kong tinignan ng masama yung nang-gulat sakin.

**"Hahahahaha..."**

*Tawa lang! Tumawa ka lang Yuri!*

**"Maligaya ka dyan?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

Lumapit sya sakin at umupo sa tabi ko. Ganun pa din yung tingin ko sa kanya. *Impakto kasi!*

**"Sorry kung napalabas ka ng dahil sakin."** Sabi nya.

**"May mababago pa ba yang sorry mo? Nasa labas na ko oh!"** Inis na sagot ko sa kanya.

Napayuko naman sya sabay himas ng batok. Mali yata yung sinabi ko, ang salbahe ko naman.

**"Bakit nga pala andito ka?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"I want to apologize and join you as well."**

Napataas ang isang kilay ko. Join me? Adik yata tong Yuri na to. So, gusto nya'ng maki-join sa kahihiyang naranasan ko.

**"Lakas ng trip mo no? '*Join you as well*' ka dyan!"**

**"Alam ko kasi na kasalanan ko kung bakit ka napalabas. Ang panget naman if let you suffer while i'm sitting comfortable inside."** Paliwanag nya at nagpilit ng ngiti sakin.

**"Bakit ba kasi ayaw mo kong pansinin?!"** Inis na tanung ko.

Umayos sya ng upo at huminga ng malalim. May ilang beses din sya'ng tumingin sakin at nagkamot ng ulo.

*Anu na?!*

**"N-nag-seselos kasi ako."** Halos pabulong nya'ng sagot.

Natigilan ako. Mukang tama nga ako sa iniisip ko kanina pa.

**"...I know, you never admit that you love me but i can't help it. I'm inlove with you and i can't control jealousy."** Dagdag nya.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Eto na nga ba ang sinasabi ko. *Kainis!* Alam kong mangyayari at mangyayari to.

**"...Ako yung fiancé mo pero feeling ko ako yung nakikihati ng attention mo."** Sabi nya at nagulat nalang ako ng makita kong may tumulong luha galing sa kana'ng mata nya.

Nataranta ako. Gusto kong punasan yung luha nya or patigilin sya pagsasalita pero hindi ako makakilos. Ang awkward naman at kasi kung nagsasalita sya tapos.... *Haizzzttt!!*

**"...Hindi naman dapat kasi ako nagde-demand sayo kasi kung tutuusin----"**

Hindi ko na sya pinatapos pang magsalita. Alam ko'ng darating yung araw na magrereklamo sya sa ginagawa ni Keifer. Hindi ko nga lang napag-isipan kung anu ang isasagot ko sa kanya.

Sinabi ko na dati na umo-o na ko sa kasalan na to, may obligasyon ako kahit papano. Kasama na dun ang iparamdam sa kanya na may binibigyan ko sya ng pagkakataon para patunayan yung nararamdaman nya sakin.

At handa ako'ng patunayan yun.

Pinatigil ko sya sa pagsasalita sa paraan na alam kong hindi sya mababastos.

*Hinalikan ko sya...*

Hindi ko alam kung ganu na katagal na nakadikit ang labi ko sa kanya. Ramdam na ramdam ko ang bilis at lakas ng tibok ng puso ko, pati na rin ang init ng pisngi ko. Dinilat ko yung mata ko at humiwalay ako sa kanya para bigyan sya ng pagkakataon na magsalita.

Yun nga lang... *Tulaley ang tropa nyo!*

Namumula rin sya at para'ng hindi na makahinga. Hindi ko alam yung sasabihin ko. Nakaramdam na rin ako kahihiyan sa ginawa ko.

**"J-jay..."** Tawag nya sakin.

Hinintay ko yung sasabihin nya pero hindi ako makatagal ng titig sa kanya.

**"Jay... Manyak ka! Ninakawan mo ko ng halik!"** Sabi nya dahilan para magsalubong ang kilay ko.

*Ang kapal ng wala'ng hiya'ng to!*

Malakas na hampas sa braso nya ang sinagot ko. Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas kaya lalu akong nainis sa kanya.

**"Ang kapal mo!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Joke lang..."** Sabi nya kaya tumigil din ako.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Yung kahihiyan kasing nararamdaman ko----*putik!*

Sandali kong tinignan si Yuri. Kita'ng kita ko yung pagkagat nya sa labi nya habang nakangiti.

**"Jay-jay..."** Tawag nya sakin. **"...Pwedeng isa pa?"**

Tinignan ko sya ng masama. Luko'ng to!

**"Abusado ka! Sasapakin kita dyan!"** Banta ko sa kanya pero tinawanan lang nya ko.

**"Eh kasi....** ***Shit!*** **Kinikilig ako."**

Bigla nalang ako'ng natawa dahil dun. Ngayon ko lang kasi sya narinig na nagsabi ng ganun. Sobra'ng nakakatawa yung itsura nya.

**"Nakakahiya..."** Bulong nya at tinakpan ang muka nya ng kamay nya.

Lalu pa kong natawa sa kanya. Hindi kami makatingin sa isa't isa dahil sa kahihiyan at malakas na natawanan.

May ilang minuto rin yata kami'ng ganun bago namin nabawi ang mga lakas ng loob namin.

**"Balik na tayo... Paalis na si Ma'am."** Aya nya sakin.

Nag-nod naman ako at tumayo na kami. Lalakad na sana ako ng bigla nya kong hakawan sa braso at hatakin palapit sa kanya. Mahigpit na yakap ang binigay nya sakin.

**"Y-yuri..."**

**"Ssshhh... Please give me this moment."** Sabi nya kaya tumigil ako. **"...You don't know, how happy i am right now. It's just a simple kiss but it gives a whole lot of impact to me."** Hinalikan nya ko sa noo. **"...Thank you Jay!"**

*T-tama ba tong ginawa ko?!*

Parang may mali. Hindi ko maintindihan kung anu. Pero ramdam ko talaga na parang may mali sa ginawa ko.

Binitiwan nya ko at at hinawakan sa kamay. **"Tara na..."**

Binawi ko yung kamay ko dahilan para huminto sya.

**"D-dito muna ko... T-tignan mo kung andun pa si Ma'am."**

Ngumiti sya sakin at nag-nod. Naglakad na sya paalis kaya naman kinuha ko yung pagkakataon para mag-isip.

Hindi ko alam kung bakit ganito. Anu'ng dapat kong gawin? Mali ba ko? Mali ba tong ginawa ko?

**"Jay! Umalis na si Ma'am!"** Tawag sakin ni Yuri.

**"Sunod ako!"** Sigaw ko sa kanya.

Tumayo na ko agad at lumakad pabalik sa room pero hindi pa ko nakakalapit sa building namin ng may bigla nalang humawak sakin sa braso at hinatak ako papunta sa likod ng room.

Hindi ko binalak bumalik sa lugar na to ng minsang mapunta ako dito. Ang sukal kasi at mas marami ang basura kumpara sa harap ng room.

Sinandal nya ko sa pader kaya dun ko lang nakita kung sino sya. Kita'ng kita ko din ang mga mata nya'ng puno ng galit. Nakaramdam ako ng takot sa hindi ko maintindihan na dahilan.

**"What do you think your doing?!"** Galit na tanung sakin ni Keifer.

**"A-anu na n-naman-----"**

**"ANSWER ME! DAMN IT!"** Sigaw nya na halos nagpasikip ng dibdib ko.

Hindi ko kaya'ng itago o itanggi pa yung takot na nararamdaman ko. Halos manginig at manlambot ang tuhod ko.

**"B-bakit ba?!"** Tanung ko habang naiiyak.

Hinawakan nya ko sa panga gamit ang isang kamay nya.

**"N-nasasaktan ako!"** Reklamo ko sa kanya.

Nilapit nya yung muka nya sakin. **"I told you... You're mine! Ulitin mo po yung ginawa mo kay Yuri, you'll pay for it."**

Binitiwan nya ko at hindi ko na rin napigilan ang mga luha ko. Ngayon ko lang sya nakita'ng ganito.

**"Papalagpasin ko yung ginawa mo ngayon."** Sabi nya at lumakad paalis.

Napaupo nalang ako sa sahig. Sobra yung takot na naramdaman ko. Ayoko na ulit sya'ng makita'ng ganun. Hindi ko kaya, nakikita ko yung galit na Kuya Angelo sa kanya.

*B-bakit sya ganun?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 134

**Anger**

***Jay-jay's POV***

**"Ikaw na!"** Sigaw ko kay Ci-N.

**"Sige na kasi... Baka makita ko nung pinsan mo. Aawayin ako nun."** Paki-usap nya habang pumapandyak.

Inis ako'ng napakamot sa ulo ko. Kanina pa kami ganito. Inuutusan nya kong kumuha ng ice cream sa kusina. Ayaw daw nya'ng lumabas ng kwarto dahil inaaway sya ni Aries kapag nakikita sya.

Yung feeling na ako yung may-ari ng kwarto at sya yung nakikitira pero ako yung inuutusan.

*Nice!*

**"Kainis naman to eh!"** Sabi ko sa kanya at tumayo mula sa pagkaka-upo sa harap ng study table ko.

**"Yehey! Salamat Jay!"** Sabi nya sabay palakpak.

*Ewan ko sayo!*

Lumabas na ko ng kwarto at dumiretso ng kusina. Si Manang lang ang naabutan kong andun. Kumuha ako ng ice cream para Bata'ng Kumag at tubig na rin.

Paglabas ko ng kusina nasa lubong ko si Tito Julz.

**"Gabi na... Baka naman sumakit lalamunan mo dyan."**

**"Hindi yan... Dalawa naman kami'ng kakain."** Sagot ko at nginitian lang ako ni Tito.

Nagtuloy na ko sa paglalakad pabalik sa kwarto ko. Pagpasok sa loob bumungad ang pumapalakpak sa tuwa na si Ci-N.

**"Asan yung kutsara?"** Tanung nya sakin ng iabot ko sa kanya yung ice cream.

*Ay ang galing!*

**"Nakalimutan ko."** Sabi ko at agad na lumabas ng kwarto.

Halos madulas ako sa pagtakbo. Bwisit naman kasi! Agad kong kinuha yung kailangan ko at patakbo ulit na bumalik sa kwarto.

Nakasalubong ko pa si Aries pero hindi naman nya ko pinansin.

*Syempre! Anu pa nga ba?!*

Pagbalik sa kwarto ko. Halos hikain ako sa paghahabol ng hangin. Tinignan ko si Ci-N at yung ice cream. Hiya'ng hiya ako!

Paubos na yung ice cream na dinala ko. Kamusta naman sya?! Kingina!

**"Hoy! Ang daya mo!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Hehehe.. tagal mo eh!"**

Sa inis ko, binato ko sa kanya yung kutsara pero ninja moves ang luko. Naiwasan nya. Badtrip!

**"Magka-tonsilitis ka sana."** Bulong ko.

Bumalik nalang ako sa harap ng study table ko. Kailangan kong mag-aral ng maayos.

*Maayos! Hindi mabuti!*

Wala na kasi sa bukabularyo ko yung '*Mag-aral ng mabuti*'. Syempre, anu pang-aasahan sa katulad ko. Kaya aayusin ko nalang.

Pero panu ko kaya gagawin kung hindi maalis sa isip ko yung itsura ni Keifer. Natakot talaga ako, babae pa rin naman ako at may kinatatakutan din.

*Parang kay Kuya Angelo.*

**"Ci..."** Tawag ko sa Bata'ng Kumag.

**"Hm?"** Sagot nya habang patuloy sa paglantak ng ice cream.

**"Nakita mo na ba'ng magalit si Keifer? Yung as in, galit na galit."** Tanung ko sa kanya.

Sya kasi tong mas matagal na nakasama si Keifer kaya hindi ko maiwasan na hindi itanung sa kanya.

**"Oo naman... Maraming beses na."** Sagot nya.

**"Talaga?"**

**"Oo... Pero yung hindi ko makakalimutan yung nagalit sya ng sobra kay Yuri."** Sabi nya at huminto sa pagkain.

Umayos din ako ng upo para makaharap sa kanya ng maayos.

**"A-anu'ng nangyari?"**

**"Hindi namin alam yung dahilan. Basta galit na galit sya at ayaw tigilan ng suntok si Yuri. Si Ella naman iyak ng iyak nun at panay ang awat sa kanila."** Paliwanag nya.

*Nakakuha na naman ako ng tsismis sa bata'ng to!*

Panahon pa pala ni Ella yun. Anu kaya'ng nangyari nun?

**"Anu'ng ginawa nyo?"**

**"Wala... Wala'ng maka-awat sa kanya. Pag-lumapit kami damay kami, kaya nagsilayo nalang kami."**

Ganun sya magalit? Ewan ko pero para'ng ayoko'ng makita yun. Nito nga lang sinigawan nya ko, natakot na ko. Anu pa kaya yung ganun.

**"Kawawa naman pala si Yuri."**

**"Hindi... Bungol yun si Yuri."** Mabilis nya'ng sagot dahilan para tumaas ang isa'ng kilay ko.

**"Bungol ka dyan!"**

Umayos sya ng upo at humarap ng maayos sakin. Seryoso din ang tingin nya. Bagay na minsan lang nya'ng gawin.

**"Duwag si Yuri. Kaya nga lagi sya'ng nakadikit kay Keifer, kasi takot talaga sya'ng kalabanin yung isa."** Sabi nya dahilan para matigilan ako. **"...Hindi rin sya patas lumaban. Kumikilos sya ng palihim ng hindi namin alam."**

Habang sinasabi ni Ci-N yun, parang may kung anu sakin na ayaw maniwala sa kanya. Ngayon ko lang sya'ng narinig na nagsalita ng ganito tungkol sa classmate nya.

Oo, nagku-kwento sya dati pero hindi sa ganito'ng paraan kung panu sya magsalita ngayon.

**"...Kaya nga ayoko sya para sayo. Wag mo sya'ng sasagutin kapag niligawan ka nya."** Dagdag nya bago balikan yung kinakain nya.

*Huli kana! Papakasalan na nga eh...*

Humarap ako ulit sa study table ko. Ang weird sa pakiramdam. Ang hirap maniwala pero nang-galing yun kay Ci-N. Mas matagal nya'ng nakasama sila Yuri at Keifer kumpara sakin.

Hindi nga lang ako sure kung reliable source tong bata'ng kumag na to.

**"Nood tayong movie!"** Sigaw nya at may kinuha sa maleta nya.

Isa pang bag na maliit. Binuksan nya yun at bumungad ang laptop. May dala pala sya'ng ganun?

Tinignan ko yung oras sa wall clock. Maaga pa naman, kaya pa naming manood. Niligpit ko yung gamit ko at agad na tumabi sa kanya para manood.

Habang hinihintay bumukas yung laptop nya...

***Ppoooooootttt!***

**"Ci! Ang baho!"** Sigaw ko sa kanya habang tinatakpan ang ilong ko.

*Umutot ang wala'ng hiya!*

**"Jay-jay! Grabe ka! Dalawa nalang tayo dito, mangbibintang kapa!"**

Kukutusan ko sana sya pero bigla nalang kumulo ang tyan nya at nasundan ng utot.

**"Ang sakit ng tyan ko..."** Bulong nya habang hinihimas ang tyan.

Kinuha ko yung laptop nya. **"Tumakbo kana sa banyo! Bilisan mo!"**

Agad naman sya'ng tumayo at tumakbo papunta sa banyo. Saktong pagpasok nya ang pagbukas naman ng laptop nya.

Marunong naman ako'ng gumamit nito kahit papano. Naisip kong mangalikot muna. Alam ko password nya.

*Engot kaya mag-password to!*

12345! Hahaha... Welcome *Ci-N_Pogi* daw. *Pfffttt!! Kapal!*

Tinignan ko muna yung mga movie para makapili na ko. Sobra'ng dami nga lang at hindi ko alam kung anu gusto kong unahin.

Tinignan ko din yung mga picture. Meron akong nakita'ng tatlong folder. '*Ramdom*', '*With_Jay-jay*' at '*Secret*'. Dahil dakilang pasaway ako. Binuksan ko yung '*Secret*'.

Panibagong folder yung lumabas. Ayoko'ng naniningin sa ganito. Nakakangawit! Pipindutin ko na sana yung back icon ng may mapansin ako.

*Kiko_Matsing*

Bigla ko nalang naalala si Kiko Evans sa hindi ko maintindihan na dahilan. Kamusta na kaya yun? Wala na kong balita sa kanya pagkatapos nung pagsugod sakin ni Freya.

Yung halos matanggal yung anit ko sa pagsabunot nya sakin.

May kung anu'ng nagtulak sakin na buksan yung folder na yun. May 10 hanggang 12 picture din ata ang laman nito.

Ci-nlick ko yung isa para lumaki at makita ko ng maayos. Pero napahinto ako sa bumungad sakin.

*S-si Kiko!*

Nakabulagta sa sahig, puro dugo at wala'ng malay. *Anu'ng nangyari?!* Pinindut ko yung next sa pagbabaka-sakaling may sagot sa tanung ko. Pero ibang angulo lang ng pwesto ni Kiko yung nakita ko.

Pinindot ko ulit yung next. May litratong naka-upo si Kiko. Meron namang nakasingit si Ci-N at iba pa habang naka-peace sign at parang wala lang sa kanila yung itsura ni nung isa.

*B-bakit?! A-anung nangyari dito?!*

Nagpipindot pa ko hanggang sa matapat ako sa isang video. Pinlay ko yun at pinanuod.

Nakatutok ang camera kay Kiko na pilit nagpupumiglas sa pagkakahawak sa kanya ni Kit at Eren.

"***Banatan na yan!***" Boses ni Ci-N yung sumisigaw.

"***Basagin na yung b*y*g ng madala!***" Sigaw naman ng kung sino.

"***Putulin nalang natin para sigurado!***" Sagot ng kung sino at malakas na tawanan ang pumaibabaw sa kanila.

Kahit hindi masyado'ng kita sa video alam kong andito sila'ng lahat. Bukod sa mga boses nila'ng nangingibabaw sa pagsigaw, makikita yung mga anino nila na madami sila.

Bigla'ng lumabas si Yuri at Keifer mula sa kabilang side. May hawak na sigarilyo at patuloy sa paghithit.

"***Alam mo naman siguro kung bakit ka andito diba?***" Seryoso'ng tanung ni Keifer.

"***Obvious naman! Para pagtulungan ako!***" Inis na sagot ni Kiko.

"***Ayos ka din eh! Si Jay-jay pa talaga pinuntirya mo.***" Sabi ni Yuri at nagsindi ng panibagong sigarilyo.

"***Akin naman talaga dapat sya! Nakialam kasi kayo!***" Sigaw ni Kiko at isang malakad na suntok sa sikmura ang binigay ni Yuri sa kanya.

Halos bumagsak na sya sa sahig dahil sa sakit pero pilit sya'ng tinatayo ni Kit at Eren.

Hindi ko maintindihan kung bakit nila ginagawa o ginawa to. Akala ko nakaharap na nila si Kiko nung gabing pagtangkaan nya ko. Pero bakit may ganito pa sila.

"***Naiinip na ko! Simulan na natin to!***" Sigaw ni Keifer at tinapon yung upos ng sigarilyo sa kung saan.

Bigla nalang lumipat ng pwesto yung nagvi-video na palagay ko si Ci-N. Nasa kabilang side na sya nila Kiko at muka'ng katabi na nya sila Keifer.

Nang umayos yung kuha, dun ko lang napansin na nakapila yung iba sa harap ni Kiko. Si David ang nauna.

**"*I have lot of reason to hurt you back, but i choose Jay-jay for this one.*"** Sabi ni David at bigla nalang sinuntok si Kiko sa muka.

Bumagsak na sya sahig pero agad din sya'ng tinayo nila Kit at Eren. Natakpan ko nalang bibig ko sa pagkabigla at sa awa.

Natapos si David at sinundan ng iba. Kundi sinusuntok sa muka, sinisikmuran nila o kaya naman sinisipa sa ari. Pero hindi ko kinaya yung mga tawanan nila habang ginagawa yun.

**"*Mali ka ng pinagbalakan!*"** Sigaw ng kung sino.

**"*Jay-jay namin yan!*"**

**"*Madala kana!*"**

**"*Tapusin! Tapusin! Tapusin!*"** Sabay sabay na sigaw nila.

Ako yung nasasaktan para kay Kiko. Alam kong may mali sya at may kasalanan sya sakin pero hindi naman yata kaylangang umabot ng ganito.

May ibang humawak ng camera. Si Ci-N naman ang pumwesto sa harap ni Kiko.

**"*Ako naman!*"** Sigaw nya.

Bigla nalang nya'ng sinipa sa muka si Kiko. Hinayaan na nila'ng bumagsak sya sa lupa. Malakas na tawanan pa ang ginawa nila.

Puro dugo at hindi na gumagalaw. Sarado na rin ang mata nya sa pamamaga. Halata rin na hirap na sya'ng huminga.

*Jusko!*

**"*Hindi pa ko tapos sayo!*"** Dinig ko'ng sabi ni Keifer at bigla nalang nya'ng tinadyakan si Kiko sa tuhod.

Hina'ng hina na sya kaya pag-iyak nalang ang tangi nya'ng nagawa. Pakiramdam ko gusto'ng gusto na nya'ng sumigaw sa sakit sa ginawa ni Keife pero hindi nya magawa.

Nasuklay ko nalang ang buhok ko gamit ang mga daliri ko. Ako may kasalanan nito. Hindi sya sasaktan ng ganito nila Keifer kung hindi dahil sakin. Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko dahil sa inis at sama ng loob, nagi-guilty din ako sa nangyari.

**"Jay-jay! Okay na!"** Sabi ni Ci-N habang lumalabas ng banyo.

Agad ako'ng tumayo at hinarap sya.

**"Bakit? Umiiyak kaba?"**

**"Bakit nyo ginawa kay Kiko yun?!"** Sigaw ko sa kanya.

Nagtaka pa sya nung una pero nang makita nya yung laptop nya sa sahig natigilan sya.

**"Ci-N! Bakit?!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 135

**Unexpected Visitor**

***Jay-jay's POV***

Tutuloy ba ko?!

Wag na kaya! Dumiretso na kaya ako sa school. Pero kailangan ko sya'ng makita.

*Badtrip!*

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Ci-N. **"...Makakagalitan ako ni Keifer nito ih!"**

**"Lakompake!"** Inis na sabi ko sa kanya.

Sya naman ang kakagalitan. Hindi naman ako. Mga bwisit kasi! Hindi na naawa kay Kiko at ganun nalang ang ginawa nila.

Naka-usap ko na si Ci-N at nilinaw nya sakin yung nakita ko sa video. Ganti daw talaga nila yun kay Kiko dahil sa ginawa nya sakin.

Pero hindi ko naitago yung galit ko sa kanya. Oo, may kasalanan yung tao sakin pero sobra-sobra naman yata yung ginawa nila.

Hindi pa ba sapat yung sinaktan nila si Kiko nung mismong gabi na niligtas nila ko sa kanya.

**"Wag kana tumuloy... Baka hanapin ka ni Keifer sakin. Hindi ko alam sasabihin ko."** Pagmamakaawa nya.

**"Sabihin mo nalate ng gising."**

**"Hindi pwede!"**

Napataas ang isang kilay ko. **"Anu'ng hindi pwede?!"**

**"A-alam ni Keifer kapag nagsisinungaling ako."** Sabi nya habang nagkakamot ng ulo sa inis.

**"Galingan mo kasi..."**

**"Hindi kasi ganun yun!"** Inis na sabi nya.

**"Tsk! Umalis kana nga!"** Utos ko sa kanya sabay highkick.

May ilang beses ko ng pinag-aaralan yan. Halos mapilay na ko magawa lang yun. Pero hindi pa rin kaya!

**"Jay-jay kasi!"**

Agad kong pinara yung palapit na taxi sa kinatatayuan ko. Sumakay ako agad paghinto. Tinignan ko muna ng masama yung bata'ng kumag na muka ng naiiyak sa kinatatayuan nya.

**"Kuya... Sa Benedict Hospital po tayo."** Sabi ko sa driver at nag-nod naman sya.

Umandar yung taxi at naiwanan na ng tuluyan yung bata'ng kumag. Bahala sya magpalusot kay Keifer.

Medyo malayo yung Benedict Hospital. Buti nalang at inamin din sakin ni Ci-N kung sana'ng ospital dinala si Kiko. Akala ko dadain ko pa sya sa dahas.

Nakatingin lang ako samay bintana. Maluwag ang trapiko sa araw na ito at sinabayan pa ng maganda'ng panahon. Maganda din ang araw na ito para---
*-bakit naging tunog reporter?*

May 20 minutes din ang naging byahe. Utas ang bulsa ko sa pamasahe. Putik! Sana pala nanghingi ako kay Ci-N, tutal sila naman may kasalanan kung bakit ako pupunta dito.

Maliit lang ang ospital, hindi kagaya ng nasa isip ko. May apat na palapag lang. Kaunti lang din ang nakikita kong sasakyan na naka-park. Ganun din ang mga taong labas masok sa main entrance.

Maganda yung paligid. Muka'ng park at maraming puno. Meron din sila'ng cottage at mga lamesita sa gitna. May maliit na playground at pathway sa gilid.

*Ospital ba talaga to?!*

Dumiretso na ko sa Main entrance ng ospital. Security gaurd ang bumungad sakin. Sinilip muna nya yung loob ng bag ko bago ako tuluya'ng papasukin.

Lumapit ako sa Information counter *tsutsu* nila. Yung kasi ang nakalagay sa harap ng counter nila. '*Information*'.

**"Good morning po... May pasyente po ba kayo'ng Kiko Evans?"** Tanung ko dun sa babae.

Tinignan nya ko sandali tapos ngumiti sakin. **"Meron po... Classmate ka din nya?"**

Mukang napansin nya yung uniform na suot ko. Ngumiti nalang ako sabay nod.

**"Peram po ako ng ID nyo."** Sabi nya.

Kinuha ko naman yung ID ko at inabot sa kanya. Habang nagpipindot sa keyboard, panay ang tingin ko sa paligid. Muka kasi'ng pang-mayaman yung ospital, tapos kakaunti talaga yung tao.

**"Kaka-alis lang ng isang classmate nyo kanina. Hindi kayo nag-pang-abot."** Sabi nung babae at patuloy sa pagpindot.

**"Ahh... H-hindi po kasi nila ko sinabihan."** Palusot ko.

Binalik nya sakin yung ID ko. **"Ganun ba... Nasa Rm C9 sya."** Sabi nya sakin.

**"Salamat po."** Sabi ko at akmang lalakad na paalis pero bigla kong na-realize na hindi ko alam kung saan yung C9. **"Saan po pala yung C9?"**

**"Third floor po... Yan lang po ang elevator at hagdan."** Sabi nya sabay turo sa kabilang bahagi lang ng counter.

**"Salamat..."** Sabi ko at agad na tumakbo palapit dun sa elevator.

Sakto nama'ng kakabukas lang dun kaya nakasakay ako agad. Pinindot ko yung number 3.

Hindi kagaya sa karaniwang ospital, mabango yung amoy dito. Hindi amoy gamot o malansang dugo o kaya disinfectant.

Pagbukas ng elevator, feeling ko hindi na ospital tong kinalalagyan ko. Hotel na ata to, ang ganda kasi ng hallway at may hala-halaman pa sa gilid.

Hinanap ko yung Room ni Kiko.

*C5... C6... C7... C8... C9!*

Huminto ako sa tapat nun at huminga ng malalim. Kinakabahan kasi ako. Alam kong suntok sa bwan tong gagawin ko.

Kumatok muna ko sandali. Walang sumagot kaya inulit ko pa. Pero wala pa ring nagsasalita kaya naglakas loob na kong buksan yung pinto.

Dahan-dahan pa ang naging kilos ko. Malakas na volume ng Tv ang sumalubong sakin. Kaya pala hindi ako nadidinig.

Malaki yung kwarto, may sofa set malapit sa kama. May lababo na pang kusina, maliit na ref, maliit na dining table at isa pang pinto na mukang CR. Nasa sulok ang kama, katapat ng malaking bintana at flat screen tv.

**"Mamaya nalang ako kakain... Wala pa kong gana."** Sabi ni Kiko na nakaharap sa Tv.

Hindi ko alam kung gano na sya katagal dito. Pero yung itsura nya...

May cast ang kaliwang binti nya, mula talampakan hanggang hita. Muka'ng ito yung parte na sinipa ni Keifer, mula dun sa video.

Benda naman ang nakabalot sa angkla ng kabilang paa nya. May Cast din ang kana'ng braso nya at tangging kaliwa'ng kamay lang ang nagagamit nya, na sya nama'ng kasalukuya'ng may hawak ng remote.

May neck brace din sya at may mga sugat at pasa pa sa muka.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Hindi ako nakapaniwala na kaya'ng manakit ng ganun ng mga Ulupong na yun. Oo, nakikipag-away sila pero sa mga tao'ng lumalaban sa kanila. Hindi ko din matanggap na kaya nila'ng pagtulungan ang isang tao'ng wala'ng laban.

**"K-kiko..."** Tawag ko sa kanya.

Tumingin sya sakin, ng makilala ako ng husto napatitig nalang sya at pinatay yung Tv gamit yung remote sa kamay nya.

Hindi sya nagsasalita. Wala din sya'ng reaksyon. Ang hirap tuloy malaman kung galit sya sakin.

**"K-kamusta?"** Tanung ko habang naglalakad palapit sa kanya.

*Parang alanganin ang tanung ko.*

**"N-nito ko lang nalaman na... Ganito y-yung nangyari sayo."** Panimula ko at huminga ng malalim. **"...H-humihingi ako ng----"**

**"Don't."** Putol nya sa sasabihin ko.

**"Ha?"**

**"Don't apologize. I deserve this."** Sabi nya na pinagtakhan ko.

**"Pero..."**

**"What i did is unacceptable, i deserve this."** Sandali sya'ng nagpilit ng ngiti. **"...I'm the one who should apologize to you."**

Hindi ako makapag-salita. Nakatingin lang ako sa kanya. Para kasing nakita ko ulit yung Kiko'ng naging crush ko dati.

**"Please... Accept my apology. Wala ako sa sarili ko nun. Broken hearted kasi binasted mo ko, kaya kung anu-anu nalang pumasok sa isip ko. I'm really sorry Jay."** Paliwanag nya.

Lumapit ako sa kanya at hinawakan ang kamay nya. Mali'ng mali talaga yung ginawa nya, pero nagbayad na sya. Sobra-sobra pa nga eh. Kita ko naman na nagsisisi talaga sya.

**"Apology accepted."** Sabi ko at ngumiti.

Ngumiti sya sakin. **"Thank you."** Sandali sya'ng tumingin sa likod na para'ng may hinahanap. **"...ikaw lang?"**

Nag-nod naman ako. Umikot ako sa kabilang side ng kama ng mapansin ko yung bangkuan. Naupo ako dun at agad na binuksan yung bag ko.

Kinuha ko yun dala kong baunan at nilapag dun sa bedside table.

**"Anu yan?"** Tanung nya sakin.

**"Sopas... Hindi ko kasi alam yung pwede'ng dalin sayo. Sakto nama'ng nagluto si Manang ng ganito dahil may sakit si Kuya Angelo."** Paliwanag ko.

**"Salamat... Maya ko nalang kakainin."**

Hinayaan ko naman sya dahil muka nga talaga'ng wala sya'ng gana. Pinagmasdan ko din ang muka at katawan nya. Medyo namayat sya at humaba ang buhok.

Pareho kami'ng tumahimik. Nakakailang, hindi ko naman kasi alam kung anu'ng una kong sasabihin sa kanya.

*Awkward naman nito!*

Bigla nalang tumunog yung phone ko kaya agad kong kinuha sa bag ko yun.

*King Ulupong Calling...*

Sinilent ko yung phone ng hindi pinapatay. Ayoko'ng sagutin, bahala sya sa buhay nya.

**"Mukang hinahanap kana ng mga classmate mo."** Sabi ni Kiko at ngumiti.

**"Ahh.. Haha.. H-hindi naman... Yaan mo sila... Haha..."**

Asar! Hindi ko mabanggit o mapag-usapan yung mga luko sa harap nya. Sila nga kasi may gawa nito, ang pangit naman ata kung babanggitin ko pa sila.

**"You're very lucky Jay... Your classmate and friends love you so much. They are willing to fight for you."** Seryoso'ng sabi nya dahilan para mapatitig ako sa kanya. **"...Hindi sila ganyan kay Ella dati."**

Question mark sakin yung sinabi nya. Hindi sila ganito kay Ella? Bakit? Panu ba sila kay Ella'ng ganda-gandahan?----*harsh!*

**"Siguro nga..."** Pabulong kong sagot. Napa-ubo ako ng bahagya. **"...K-kamusta ka nga pala dito? Kailan ka daw makakalabas?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"Matagal pa. Approximately 6 to 8 months for my full recovery. Tapos kailangan ko pang mag-therapy."**

Yung napalunok nalang ako sa sinabi nya. Pvtang'na! Sobra-sobra yung perwisyo'ng nangyari sa kanya.

**"...More than 1 month na ko dito. Kaya may 5 to 7 months pa kong tatambay dito."** Dagdag nya at bahagya'ng tumawa.

Napayuko ako. Nahihiya ako sa kanya. Yung oras kasi na sana ginugugol nya sa pag-aaral, napunta lang sa paghiga nya dito sa hospital bed.

**"P-panu yung pag-aaral mo?"** Tanung ko na feeling ko mali ata.

*Expelled men!*

**"Home schooling... Nagpupunta yung teacher ko dito before 10am. Kami na bahala kung gano katagal uubusin naming oras sa pag-aaral."** Paliwanag nya.

Ay ang taray naman pala nya! Home school ang lolo mo. Para'ng gusto ko din nun.

**"Anu pa lang sabi ni Freya?"**

Susulitin ko na. Makiki-tsismis na ko.

**"Wala... Hiwalay na kami."** Mabilis nya'ng sagot at tumingin sa malaking bintana. **"...Sabi nya, ayaw daw nya ng baldado'ng boyfriend. Kaya nag-break nalang kami."**

*Ay wow!*

Grabehan! Una kay Grace, sa halip na tulungan yung nabuntis na kaibigan, pinagtawanan pa nya. Ngayon naman, sa halip na alalayan yung boyfriend, hiniwalayan nalang.

*Very nice!*

**"Kakaiba din yung babae na yun."**

**"Ganun talaga sya... Kapag wala na sya'ng pakinabang, binabaliwala na nya."**

**"Tss... Halata nga."** Komento ko at bahagya sya'ng tumawa.

**"Pero hindi naman talaga sya dating ganun. Nasaktan lang kasi kaya nagbago."**

Napatingin ako sa kanya. Si Freya nasaktan? Imposible! Nasa itsura pala nya yung masaktan.

**"Hindi halata'ng nasasaktan sya ah?"**

Bigla nalang sya tumawa. **"Grabe ka kay Freya... Seriously, hindi talaga sya ganun. Pantasya namin sya dati nila Mykel nung grade school at summer class. Pagtuntong nga lang ng highschool nag-iba na sya."**

Bigla kong naalala yung picture na pinakita sakin ni Edrix. Pantasya talaga yung itsura nya dun. Ang ganda at ang simple ng ayos.

**"Anu kaya'ng nangyari sa kanya?"** Tanung ko.

Hindi sumagot si Kiko, tumahimik sya at sandali'ng nag-isip.

**"Itanung mo kila Keifer at Yuri."** Halos pabulong nya'ng sabi.

Taka ko sya'ng tinignan. Medyo matagal bago nagflashback sa isip ko na si Freya nga pala ang first girlfriend ni Keifer.

*Pero bakit pati si Yuri?*

**"Anu'ng ibig mong sabihin dun?"**

Bahagya sya'ng yumuko. **"It's not my story to tell... But from what i remember, namatay yung boyfriend ni Freya at pinagpasa-pasahan na sya nila Keifer, Yuri at Aries."**

*Shutang'names!*

Hindi ko kinaya! Hindi talaga! Pakiramdam ko nagtambling yung mga bulate sa utak ko. Napa-nganga nalang ako sa kwento'ng naririnig ko.

*Si F-freya... Argh!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 136

**Falling In Love**

***Jay-jay's POV***

**"WHERE HAVE YOU BEEN?!"** Galit na bungad sakin ni Keifer habang naka-cross arm.

Kamot batok ako'ng tumingin sa ibang direksyon. **"...L-late na ko nagising."**

**"Sabi ni Ci-N, may pinuntahan ka daw."** Sabi ni Yuri.

Agad kong hinanap ang bata'ng kumag. Luko'ng yun! Sinabi ng sabihin na nalate ako ng gising.

**"M-meron nga... K-kaya nga ang tagal ko diba?"** Palusot ko.

Pero masama pa rin ang tingin sakin ni Keifer. Nakayuko ako'ng dumaan sa harap nya.

**"Bakit hindi mo sinasagot yung phone mo?"** Maotoridad nya'ng tanung.

**"K-kasi... Anu... Alam kong ikaw yung tumatawag."** Sagot ko at agad na tumakbo palayo sa kanya.

*Hehehe.. Ang bad ko ba!*

**"Pwede next time, sabihin mo agad samin. Nag-aalala kami sayo. Panu kung maulit yung insidente sa inyo ni Rory?"** Nag-aalala lang sabi ni Yuri.

Napayuko nalang ako. **"S-sorry... Promise! Next time."** Sabi ko sabay taas ng isang kamay.

**"Wooohhh... Promise! Promise! Hindi yan matutupad."** Pang-aasar ni Eren kaya tinignan ko sya ng masama.

**"Promise are meant to be broken."** Gatong ni Ci-N.

*Aba!*

Pagtulungan daw ba ko. Mga impakto'ng to!

**"Pero saan ka talaga galing Jay?"** Tanung ni Kit.

**"****Ubo****...A-anu... Dyan lang..."** Pabulong kong sagot.

Hindi ko masabi ng maayos. Hindi ko alam kung anu'ng lugar yung sasabihin ko.

**"Anu?"** Tanung nila.

**"Anuuuu... Dyaaannn... Saaaa..."** Mahaba kong sagot at hinintay naman nila yung sasabihin ko.

**"Kung ayaw mong sabihin... edi wag!"** Galit na sabi ni Keifer at dumiretso sa upuan nya.

Hinayaan nalang din ako ng iba at naupo na sila. Sakto naman at dating ng sunod naming teacher.

Habang nagkaklase, hindi ko maiwasan na hindi tignan si Edrix. Naalala ko kasi yung sinabi ni Kiko sakin. Muka'ng na-inlove sya sa maling tao.

*Pero anu kaya'ng nangyari sa kanya at napunta sya sa tatlo na to?!*

Meron nga pala'ng sinabi sakin si Rakki dati. Yung may something daw kay Aries at Freya dati. Hindi kaya yun yung sinasabi ni Kiko?

Wala ako'ng pwedeng sabihin kay Edrix. Wala din naman kasi ako'ng balak tulungan sya. Hindi sa naninira ako o anu pa man. Pero ayoko si Freya para sa kanya.

Alam kong mapang-husga yung dating pero kasi... Hindi pa ko sigurado sa totoong nangyari sa kanya at sa pagitan nung tatlo. Baka mamaya, masaktan lang sya ulit.

Natapos ang subject namin ng ganun-ganun nalang. Kasi naman, mahirap makinig sa klase ng maraming iniisip.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Eren.

Tinignan ko sya at sinesenyasan nya ko'ng lumabas ng room. Sumunod naman ako sa kanya. Pagdating sa labas, akala ko may kailangan sya pero hinatak nya ko papunta sa hagdan.

**"A-anu tayo?"** Tanung ko sa kanya.

**"Si Mayo kasi..."** Sabi nya at tumingin sa pinto ng room namin sandali. **"...Kinukulit nya ko. Nakiki-usap na tulungan ko sya kay Kit."**

**"Edi tulungan mo..."** Bored kong sagot.

Yun na nga lang kasi, iistorbuhin pa ko.

**"Hindi pwede... Binantaan ako ni Kit. Kapag daw nakialam ako sa kanila ni Mayo, isusumbong nya ko sa *MGA* girlfriend ko. Kaya sana..."** Hinintay kong ituloy nya ang sasabihin nya. **"...Ikaw na kumausap sa kanila."**

*Ako talaga?*

**"Parang ayoko."** Mabilis kong sagot. **"...Hindi ko din naman alam sasabihin sa kanila."**

**"Kahit anu lang... Mag-usap sila ng maayos. Yung tipong, mapaka-lalaki sila."**

Napangiwi ako. Hindi bastos tong sira-ulo na to.

**"Sasabihan ko sila na magpaka-lalaki?! Sa sitwasyon nila?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

Napahimas sya ng batok sabay pilit ng ngiti.

**"Oo nga no? Mali pala."**

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Parang mas maganda nga na ako nalang yung kumausap. Mahirap kung eto'ng Eren na to yung magsasalita.

**"Sige... Ako nalang kakausap."**

Napapalakpak naman sya sa tuwa. Sa takot masumbong sa mga girlfriend, ako tong binulabog nya. *Tsk!*

Pasalamat sya, nag-aalala din ako dun sa dalawa. Ang hirap kasi ng sitwasyon nila. Pareho sila'ng hindi makakilos ng maayos.

Bumalik na kami sa room, natatanaw ko na kasi yung sunod naming teacher. Habang nagkaklase, nakikita ko si Mayo na tumitingin kay Kit pero eto nama'ng isa patay malisya.

*Hay...*

Natapos ang klase. Lunch na! Pero de-lata pa rin ang ulam namin. Hindi pa rin kasi nagbibigayan. Kaya hindi pa rin makabili si Eman.

**"Gusto ko may sabaw..."** Dinig kong bulong ni Ci-N habang tinitignan ang pagkain nya. **"...Sinigang o kaya nilaga."**

**"Next time, baka sa weekend mag-grocery na kami ni Eman."** Sabi ko.

Kasama kasi ako kapag namimili sya. Dahil pangako ko sa kanya dati para ipagluto nya tong mga to.

**"Jay-jay..."** Tawag ni Ci-N. **"...Anu nangyari sa lakad mo?"** Bulong nya sakin.

Nilapit ko yung muka ko sa kanya. **"Ayos naman... Ang layo pala nung Benedict Hospital, pero ang ganda ng lugar."**

**"Yayamanin kasi mga naka-confine dun."** Sagot nya sakin.

Nag-nod naman ako. Halata nga, muka ngang pribado yung lugar.

**"Eh si Kiko? Kamusta?"** Tanung ulit nya.

Inis ko sya'ng tinignan. **"Kina-kamusta mo yung binanatan nyo?"** Sarcastic na tanung ko.

Kamot batok naman sya habang naka-pout. **"Nagtatanung lang."**

**"Hindi maganda yung itsura, pilay at hindi maka-kilos ng maayos."**

**"Ahh... Sayang..."** Dinig kong bulong nya.

*Anu'ng sayang?! Lukong to!*

Agad ko'ng hinatak ang tenga nya. **"Anu'ng sayang?!"**

**"Aahh... J-jay! M-masakit! Aw!"**

**"May binubulong ka!"**

**"H-hindi ganun y-yun!"**

Binitawan ko sya. Mangiyak-ngiyak naman sya habang hinihimas yun at masama ang tingin sakin.

**"Pabulong-bulong kapa eh."** Inis na sabi ko sa kanya.

**"Sumbong kita kay Keifer jan eh."** Banta nya habang ginagaya ang tono ko.

Pinandilatan ko sya ng mata. Kala naman nya matatakot ako sa banta nya. Ako pa tinakot nya.

**"KeiferSiJay-jayNagmumura!"** Mabilis nya'ng sabi na halos hindi ko maintindihan pero agad ko pari'ng tinakpan ang bibig nya.

**"Anu daw?"** Tanung ni Felix.

Napatingin ako sa kanila. Karamihan sa kanila samin na nakatingin. *Bwisit!*

**"Anu daw sabi ni Ci-N?"** Tanung ni Rory.

Nagpilit ako ng ngiti. **"W-wala lang yun. Nagkakasatan lang kami nito."** Sabi ko .

**"But he called my name."** Sabi ni Keifer.

Umiling ako. **"Wala yun."**

**"Ci-N."** Tawag ni Yuri kay Ci-N pero hindi sya makasagot dahil sa kamay kong nakatakip sa bibig nya.

**"Hhmmm.. hmmm... Hmmm..."** Sabi nya.

**"Ha? Anu? Gusto mo'ng lumabas?"** Sabi ko at kuwaring nilapit ang tenga sa bibig ni Ci-N.

**"Hmmm... Hmmmmmmmmm..."**

**"Tara na! Lalabas pala eh! Tara! Tara!"** Sabi ko at agad hinatak si Ci palabas habang nakatakip pa rin ang bibig.

Pagdating sa labas, binitawan ko sya.

**"Wala naman ako'ng sinabi na lalabas ah?"** Sabi ni Ci habang nagkakamot ng batok.

**"Impakto ka kasi! Ipapahamak mo pa ko."** Inis na sabi ko sa kanya.

Naglakad ako bahagya palayo sa kanya. Sumunod naman sya sakin. Hindi na ko na natapos yung pagkain ko dahil sa kanya.

And speaking of pagkain. Nakita ko si Josh na may pinakain na pusa'ng itim. Lumapit ako sa kanya at kinalabit sya.

**"Pagkain mo yan ah? Bakit pinakain mo na sa pusa?"** Tanung ko at naupo sa tabi nya.

Lumapit naman si Ci-N sa pusa at pinagmasdan yun habang kumakain.

**"Hindi naman ako gutom, kaya binigay ko nalang sa kanya."** Sagot nya sakin.

Pinagmasdan namin pareho yung pusa na kasalukuyang sinusundot ni Ci-N.

**"Hindi ko gagawin yan kung ako sayo."** Sabi ni Josh kay Ci-N.

**"Bakit?"** Tanung ko.

Ngumiti lang sya sakin bilang sagot. And weird talaga nitong si Josh. Minsan makikita ko sya'ng nakatingin sakin tapos ngingiti.

Minsan lang din sya magsalita. Nangungulit din naman sya kagaya ng iba pero mas madalas yung tahimik.

**"Ang takaw mo naman Edy."** Sabi ni Ci-N sa pusa.

Taka kaming napatingin ni Josh sa kanya.

**"Sino'ng tinatawag mong Edy?"** Tanung ni Josh sa kanya.

**"Eto'ng pusa."**

**"Wala sya'ng pangalan. Wag mo nga sya'ng tawagi'ng Edy "**

Tinignan ko yung pusa na patuloy pa rin sa pagkain. Kahit kulay itim, pansin ko pa rin yung dumi sa katawan nya.

*Pusakal ito!*

**"Saan mo naman nakuha yung Edy?"** Tanung ko kay Ci-N.

**"Sa kulay nya... Sya yung nasa commercial ng Eveready battery. Kaya Edy."** Paliwanag nya at ngumiti.

Oo nga no! Itim na pusa nga pala yung pinapakita dun. Talino nito'ng bata na to.

**"Hindi pwede! Wag mo sya'ng tatawaging Edy!"** Inis na sabi ni Josh.

**"May ipinangalan ka naba sa kanya?"** Tanung ko.

Umiling sya sakin. Bigla'ng lumapit samin yung pusa---Edy daw ang pangalan. Ikiniskis nya yung katawan nya sa binti ko.

Naubos na yung pagkain nya kaya lumapit na sya samin. Tumayo si Ci-N at dali-dali'ng tumakbo papasok sa room. Muka'ng kukuha pa sya ng pagkain para kay Edy.

**"Kilala mo na pala sila ngayon."** Biglang sabi ni Josh habang hinihimas yung pusa.

**"Ha?"**

**"Yung nakita mo nung gabi ng festival."**

*Si Mayo at Kit.*

**"Hmmm... Oo."** Pabulong kong sagot at nilaro si Edy.

**"Ngayo'ng alam mo na, anu'ng balak mo?"**

Napa-iwas ako ng tingin. Hindi ko alam yung isasagot ko. Kasi hindi ko din naman alam kung panu sila tutulungan.

**"Hayaan mo nalang sana sila. Baka magalit si Keifer kapag nalaman nya'ng may relasyon yung dalawa."** Sabi nya at tumingin sakin. **"...Hindi mo pa sya nakikita'ng magalit."**

Anu bang.... Bakit ba parang kinokontra nya ko? Para bang meron sya'ng gustong sabihin na hindi ko maintindihan.

**"Anu ba'ng gusto mong iparating?"** Tanung ko sa kanya.

**"Kaibigan ko si Mayo at Kit... Mas mabuti kung ititigil na nila tong kahibangan na to. Sila lang din ang kawawa."** Sabi nya.

Ramdam ko yung pag-aalala nya sa kaibigan nya pero bakit kailangan nya'ng pigilan na magka-ayos yung dalawa.

Bigla kong naalala si Ella sa kanya. Ganyang-ganyan din kasi nya ko kinausap noon, para pigilan si Mica at Calix.

**"Edy! Eto na pagkain!"** Dinig kong sigaw ni Ci-N habang tumatakbo palapit samin.

Nag-iwasan kami ng tingin ni Josh. Buti nalang aligaga si Ci-N na pakainin yung pusa. Baka kasi mapansin nya'ng may hindi maganda'ng nangyayari sa pagitan namin nitong isa.

Habang kumakain panay sinusundot ni Ci-N yung ulo ng pusa. Hangang sa...

*Putik! Ayan na!*

**"Aaaggghhhh!!! Kinagat ako!"** Sigaw nya at habang hinahatak ang kamay palayo sa ngipin ng pusa.

Pero mukang galit na galit sa kanya yung pusa. Diniinan pa nito yung kagat sa daliri nya.

**"Sinabi ko na sayo'ng wag mong gawin yan!"** Inis na sabi ni Josh.

**"Argh! Alisin mo si Edy!"** Sigaw ko kay Josh habang tinutulak sya.

**"Hindi nga Edy ang pangalan nya!"**

*Talaga'ng nakipag-talo pa sya sa pangalan.*

**"ALISIN MO NA!"** Sigaw ko.

**"Jay! Masakit!"** Sigaw ni Ci-N habang umiiyak.

Hinawakan ni Josh yung pusa. Hinimas nya yun dahilan para bitiwan nito ang pagkaka-kagat kay Ci-N.

**"May dugo!"** Sigaw ko habang nakaturo sa daliri nya.

**"Mamamatay na ko! Rabis!"**

**"Wag ka ngang OA!"** Sigaw ni Josh sa kanya.

**"What the hell?! What is going on here?!"** Galit na tanung ng kung sino.

Napatingin ako sa kanya at dun ko lang napansin na naglabasan na pala mula sa room ang mga luko.

**"Anu'ng nangyari kay Ci-N?"** Nag-aalalang tanung ni Yuri.

**"Kinagat ng pusa."** Sagot ko.

**"Baka ma-rabis yan! Dalin na natin sa ospital!"** Sabi nila.

*Hala! Lagot!*

Lalung naiyak si Ci sa sinabi nila.

**"Ayoko ng injection."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 137

**Punch**

***Jay-jay's POV***

**"Papatayin ko si Edy!"** Sigaw ni Ci-N.

**"Hindi nga Edy ang pangalan nya!"** Inis na sabi ni Josh habang pilit nilalayo yung pusa kay Ci-N.

Kahapon pa sila ganyan. Matapos kasing saksakan ng anti-rabis parang naaning na tong si Ci at pilit hinanap yung pusa.

Mautak naman tong si Josh, dahil hinawakan na nya at hindi na binitawan pa yung pusa.

**"Tantanan mo na nga yang pusa!"** Sita ko kay Ci-N.

**"Pero kinagat nya ko Jay..."** Naiiyak na sagot nya sakin.

Napakamot ako ng batok. Kasalanan din naman nya yung bakit sya kinagat. Sundutin daw ba kasi habang kumakain.

**"Kasalanan mo naman kasi."** Sagot ni Mayo at hinamas yung ulo ni Edy.

**"Sya na nga pinakain ko, ako pa kinagat nya!"** Sumbat ni Ci.

**"Nakita mong pusa. Hindi kagaya ng aso yan, anu kaba?"** Sermon ni Josh.

**"Sige! Pagtanggol mo pa yang pusa na yan!"** Sagot ni Ci at bigla nalang yumakap sakin. **"...inaaway nila ako."**

Pero hindi pa man din nagtatagal yung yakap na yun may kamay ng nahiwalay samin. Pare-pareho kami'ng napatingin dun.

*Yuri...*

**"Masyado ka ng naka-attached kay Jay-jay, baka gusto mo'ng i-less yan."** Sabi nya.

Hindi sumagot si Ci pero tinignan nya ko na para'ng nagsasabi ng '*Problema ni Yuri?*'. Umalis si Yuri pero lahat kami nasa kanya pa rin yung tingin.

*Nag-seselos na naman yata sya.*

Speaking of selos, kusa nalang ako'ng napatingin kay Keifer. Diretso lang ang tingin nya sakin. Hindi ko masabi kung nagagalit sya o anu.

Napaiwas ako ng tingin pero kusa ding bumalik yun sa kanya sa hindi ko malaman na dahilan. Tapos bigla nalang sya'ng umirap.

*Ay bakla!*

Ang talim talim kasi maka-irap. Dinaig pa ko! Busit to'ng kumag na to.

**"Kayo na ba ni Yuri?"** Tanung ni Mayo sakin.

Umiling ako. **"H-hindi."**

**"Bakit ganun sya maka-asta? Parang pagmamay-ari kana nya?"** Dagdag ni Ci.

**"A-anu lang... K-kasi..."**

*Tsk! Asar!*

Si Yuri kasi eh! Hindi ko tuloy alam isasagot ko. Badtrip!

**"Para'ng hindi mo kilala si Yuri. Ganyan din naman sya kay Ella dati."** Biglang sabi ni Josh.

**"Hahaha.. oo nga."** Sagot ni Mayo. **"...Ang ending, BH ang tropa mo."** Dagdag pa nya at tumawa.

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. Ginagawa nila'ng katatawanan yung bagay na iniyakan ng husto ni Yuri. Para bang hindi sila dumaan sa ganun.

Tumayo ako at naglakad paalis. Narinig ko pang tinawag ako ni Ci pero hindi ko sya pinansin. Lumabas ako at dumiretso sa second floor ng building namin.

Malakas kasi ang hangin dun at presko sa pakiramdam. Pagdating ko, bumungad sakin si Kit.

**"Bakit nandito ka?"** Tanung ko sa kanya.

Tumingin sya sakin at nagpilit ng ngiti. **"Wala... Gusto ko lang talaga'ng mapag-isa."**

**"Pareho tayo..."** Sabi ko at lumapit sa kanya. **"...Kamusta pala kayo ni... Hmmm... Mayo?"**

**"Hindi ko alam. Kinukulit nya ko pero ayoko na talaga. Gusto ko ng ayusin yung mali sa pagkatao ko."**

**"Wala namang mali sayo ah? Hindi naman mali maging third gender."** Sabi ko dahilan para tumingin sya sakin.

**"Madali sayo'ng sabihin yan. Hindi naman ikaw nasa kalagayan ko."**

Natigilan ako. Tama naman sya dun. Hindi nga ako yung nasa kalagayan nya kaya hindi dapat ako magsalita ng ganun.

**"Siguro nga... Pero hindi mo naman pinili yan. Naging ganyan ka kasi may dahilan."**

Bahagya sya'ng tumawa. **"Yun na nga eh. Sana binigyan muna ko ng choices bago ako naging ganito."**

**"Malay mo... Everything happens for a reason."**

Pareho kami'ng tumahimik. Medyo naging awkward sa pakiramdam pero nangingibabaw yung lakas ng hangin.

**"Tuloy ko kaya yung balak ko, baka sakaling effective at maging tunay na lalaki ulit ako."** Sabi nya at umamba na ilalapit ang muka sakin.

Hinanda ko yung kamao ko. **"Subukan mong idikit yang labi mo ulit sakin."** Banta ko sa kanya at bigla sya'ng tumawa.

Tinignan ko lang sya ng masama. Luko! Kala ko uulitin nya talaga. Bigla'ng nag-ring yung bell. Oras na pala ng klase.

**"Tara na..."** Aya nya.

Nag-nod naman ako. Sabay pa kaming naglakad palapit sa hagdan pero natigilan kami pareho ng may makita kami'ng tao. Nakatingin sya samin at halo-halo'ng taka, gulat at galit ang nakikita ko sa kanya.

**"H-hinalikan mo si Jay-jay?"** Tanung ni Mayo.

Hindi sumagot si Kit pero tuloy-tuloy sya'ng naglakad pababa. Nilagpasan lang nya yung isa. Agad naman ako'ng sumunod sa kanya.

**"Sandali lang! Kinakausap pa kita!"** Sigaw ni Mayo.

Hindi pa rin nakikinig si Kit at tuloy-tuloy na naglakad. Malapit na kami sa room ng bigla'ng hatakin ni Mayo si Kit sa braso.

Agad na nagpalitan ng masama'ng tingin ang dalawa.

**"Bitiwan mo ko."** Matigas na utos ni Kit.

**"Kinakausap pa kita!"** Sagot ni Mayo sa kanya.

Sa totoo lang, hindi ko alam ang gagawin ko. Labas na ko sa usapan na to. Hindi naman ako kabilang sa lovelife nila.

Lumakad ako patuloy sa room pero paglagpas ko sa kanila, isa'ng kamay ang nagpatigil sakin.

**"Dito ka lang."** Sabi ni Kit.

Agad ako'ng tinignan ng masama ni Mayo.

*Bakit sakin ka nagagalit?!*

**"Si Jay-jay ba? Sya ba dahilan?"** Tanung nya kay Kit.

Agad ako'ng umiling. **"Uy Hindi!"**

**"Eh bakit ka nagpahalik sa kanya?! Kasi gusto mo rin! Nice! Nakuha mo na nga si Keifer at Yuri, pati si Kit dadamay mo pa!"** Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko. Anu'ng gusto nya'ng iparating?

Agad sya'ng hinawakan ni Kit sa kwelyo. **"Wag mong kakausapin ng ganyan si Jay-jay?!"**

**"Bakit? Totoo naman! Wala sya'ng pinagka-iba kay Ell-----"**

Isang malakas na suntok galing kay Kit ang nagpatigil sa kanya. Bumagsak sya sa sahig. Napasigaw nalang ako sa pagkabigla at naging dahilan yun para maglabasan ng room ang mga ulupong.

**"Anu'ng nangyari?!"** Tanung ni Edrix na agad na umalalay kay Mayo.

**"Wala... Bastos kasi magsalita, kaya sinuntok ko."** Bored na sagot ni Kit at pumasok na sa room.

Naiwan yung iba at ako na naka-tanga kay Mayo. Pagtayo ni Mayo, tinabig nya si Edrix at tinignan nya ko ng masama.

**"Mag-usap tayo'ng dalawa."** Madiin nya'ng sabi at hinatak ako palayo sa mga kasama namin.

**"T-teka! Nasasaktan ako Mayo!"** Sigaw ko sa kanya habang pilit binabawi ang kamay ko.

Huminto kami sa gilid ng room kung saan may puno. Padabog kong inagaw yung kamay ko.

**"Problema mo ba?!"** Galit na sabi ko.

**"May gusto kaba kay Kit?!"** Galit na tanung nya sakin.

**"Wala ako'ng gusto sa kanya!"** Pasigaw kong sagot.

**"Hinalikan ka nya at nagpahalik ka naman!"**

**"Gago! Hindi ako nagpahalik! Tinangka nya pero hindi natuloy! Hindi ako nagpahalik sa kanya!"** Sigaw ko na halos mamaos ang boses ko.

Ang hina kasi ng kokote ng Gunggong na to. Kailangan sinisigaw para mag-sink in sa utak nya.

Yun nga lang nawala sa isip ko na malapit lang kami sa room at pwedeng may makarinig samin.

**"Sino'ng nagtangkang humalik sayo?"** Tanung ng kung sino.

Sabay naming tinignan ni Mayo kung sino yun. Medyo nakahinga ako ng maluwag. Yung hari kasi ang nasa isip kong nagtanung at nakarinig samin.

**"...Sino?"** Pag-uulit ni Edrix sa tanung nya.

**"W-wala yun... N-namali ka lang ng dinig."** Sagot ko sa kanya.

**"Pero ang lakas ng sigaw----"**

**"Edrix! Please!"** Paki-usap ko.

Ayoko'ng sabihin sa kanya kung sino. Malamang na makarating kay Keifer yun at baka kung anu gawin nya kay Kit.

**"Alam na ba ni Keifer?"** Tanung ni Edrix.

Mabilis akong umiling at lumapit sa kanya. **"W-wag mong sasabihin. Please!"**

**"Pero Jay----"**

**"Pwede wag kana maki-alam dito!"** Galit na sabi Mayo kay Edrix.

Agad na nagsalubong ang kilay ni Edrix. Halata'ng hindi natuwa sa inasta nitong isa sa kanya.

**"Problema mo?!"** Inis na tanung nya kay Mayo.

**"Meron kami'ng pinag-uusapan ng babae'ng yan!"** Sagot nya sabay turo sakin.

**"Wag mo nga'ng dinuduro si Jay-jay!"** Sigaw ni Edrix at akma'ng lalapit sa kanya.

Agad ako'ng pumagitna. Napilitan ako'ng awatin sila. Kung hindi ko gagawin yun, magkakagulo sila. Lalabas yung mga ulupong at tatanungin ako kung anu'ng nangyari.

*Malalaman nila yung ginawa ni Kit!*

**"Ano?! Nabiktima ka na rin nito'ng babae na to?!"** Maangas na sambit ni Mayo sabay turo sakin. **"...Nice! Landiin mo na lahat ng Section E para maganda. Wala ka'ng pinag-kaiba kay Ella!"**

**"Anu'ng sabi mo?! Wag mo----"**

Hindi ko na pinatapos pa si Edrix. Wala'ng saysay kung uubusin nya ang laway nya sa tao na to. Ako na ang gumawa ng paraan.

Nainis ako eh! Sa lahat ng ikukumpara dun pa talaga kay Ella. Pumili naman sana sya ng iba.

**"J-jay... Dumudugo ata."** Sabi ni Edrix habang sinisipat si Mayo sa lupa.

*Ay mali!*

Hindi ako nakapag-pigil. Kaya sinuntok ko sya. Yun nga lang, mali ata yung ginawa ko. Dumudugo na ngayon ang ilong nya.

Haizt! Mali'ng mali!. Lakas pa nanan ng pagkakasuntok ko. Sana naman wala'ng nabaling buto sa ilong nya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 138

**Love Hurt**

***Jay-jay's POV***

**"Kamusta si Mayo?"** Tanung sakin ni Edrix paglabas ko ng clinic.

**"Ayun... Inaasikaso nung Nurse."**

**"Tsk! Lakas ng suntok mo. Dinaig mo pa yung suntok ni Kit sa kanya."** Sabi nya habang napapa-iling.

*Serre ne nge!*

**"Ginalit nya ko eh."** Katwiran ko pero pinagtawanan lang nya ko.

Naupo ako sa waiting area sa labas lang ng clinic. Sumunod naman sakin si Edrix. Ayoko pang bumalik sa room. Sure akong tatadtarin lang ako ng tanong ng mga luko.

**"Anu bang pinag-aawayan nyo ni Mayo?"** Tanung nya sakin.

**"W-wala... Basta! Magulo kasi.."** Sagot ko at umiwas ng tingin.

Mukang nakuha naman ni Edrix ang gusto kong sabihin. Hindi na sya nagtanung at tumahimik nalang.

Narinig kong tumunog ang phone nya. Kinuha nya yun at nakita ko agad ang muka ni Freya na wallpaper nya.

*Haizt! Yung sinabi ni Kiko.*

**"May bago na naman sya'ng boyfriend."** Sabi ni Edrix at hinarap sakin ang phone nya.

Facebook post ni Freya, kasama ng isang gwapong lalaki. May caption na, '*My new love once.😍😘*'.

*Nice!*

**"Pangarap ko to..."** Halos pabulong na sabi ni Edrix. **"...Yung iPost nya yung picture namin at ipagsigawan na ako yung pinaka-mamahal nya."**

Ramdam ko yung sakit at hirap sa mga sinasabi nya. Ganu kaya nya katagal na tinago yung feelings nya para kay Freya?

**"S-sinubukan mo na bang lumapit sa kanya?"** Tanung ko.

Agad sya'ng umiling habang nakatingin sa cellphone nya.

**"Hindi ko kaya... Galit nga sya sa mga Section E diba?"**

Oo nga pala. At mukang nagatungan pa yung galit na yun nung dumating ako at nakabangga ko sya.

**"Kung kaya lang sana kita'ng tulungan sa kanya. Kaso magka-away kami eh."** Sabi konat nagpilit ng ngiti.

Ganun din ang ginawa nya sakin. Hindi ko rin naman sya tutulungan kung nagkataon na hindi kami magka-away. Hindi ko pa alam kung anu yung totoo'ng nangyari kila Freya, Yuri at Keifer.

**"Ang hirap ma-inlove no?"** Tanung ng kung sino.

Agad kaming napatingin sa pinto ng clinic. Nakatayo don si Mayo habang may hawak na tissue at ice bag.

Naupo sya sa tabi ko. Nakapagitna na ko sa kanila ngayon.

**"Haaayyy... Sakit ng suntok mo Jay."** Sabi ni Mayo sakin.

**"Kasalanan mo naman... Ginalit mo ko."** Sumbat ko sa kanya.

Bahagya sya'ng tumawa. Nagtinginan pa kami ni Edrix. Baka kasi naaaning na si Mayo o kaya naman naalog ang utak sa suntok ko.

**"Sorry... Hindi ko sinasadya'ng sabihin yun. Iba ka kay Ella, hindi kayo pareho."** Sabi nya at ngumiti sakin.

*Iba ako sa kanya...*

**"...Nadala lang ako ng galit ko."** Dagdag nya.

**"S-sorry din kung sinuntok kita."** Sabi ko at ngumiti din sa kanya.

**"Okay na! Bati na kayo'ng dalawa."** Sabi ni Edrix at tumayo.
**"...Pumasok na tayo."**

Tinignan ni Mayo yung oras sa cellphone nya. Pati ako nakitingin na rin. Medyo matagal na rin pala kami'ng nakatengga dito.

**"Hindi na tayo abot. Next subject nalang."** Aya nya samin.

Alanganin na nga at alanganin din kung babalik na kami agad sa room. Tinatamad pa ko!

Bumalik sa pagkaka-upo si Edrix. **"Sige, maya nalang."**

**"Sino yung pinag-uusap nyo ni Edrix?"** Tanung ni Mayo.

**"Chicks!"** Sagot ko at agad ako'ng tinignan ng masama ni Edrix. **"...babae ni Edrix."**

**"Girlfriend?"** -Mayo

**"Hindi."** -Edrix.

**"Pinapangarap nya."** -Ako.

Tinignan ako ulit ng masama ni Edrix pero tinawanan ko lang sya.

**"Sinabi mo na sa kanya?"** Tanung ni Mayo.

Umiling si Edrix at yumuko. **"Hindi ko nga alam kung napapansin nya ko o alam nya'ng nage-exist ako."**

**"Ligaw tingin ka lang?"**

**"Parang ganun na nga."**

**"Buti pa nga sayo ganyan. Ako alam nya'ng mahal ko sya pero iniiwasan nya ko."** Sabi ni Mayo at dinikit ang ice bag sa muka nya.

**"Mas masakit nga ata yan."**

Palipat-lipat lang ako ng tingin sa kanila. Ang sarap kasi nila pakinggang mag-usap. Simple lang, walang arte.

Napasandal ako at napabuntong hininga. **"Hirap ma-inlove."** Komento at sabay na tumingin sakin si Mayo at Edrix.

**"Nahihirapan ka, dala-dalawa na nga yung nagkaka-gusto sayo."** Sabi ni Edrix kaya napangiwi ako sa kanya.

**"May Yuri kana, may Keifer kapa."** Gatong ni Mayo.

*A-anu? Teka nga!*

**"Baka naman iba yung gusto nya. Wala sa dalawa."** -Edrix.

**"Baka nga... Sino ba yan? Sabihin mo na samin."** -Mayo.

*Hala!*

**"Magagalit sayo si Keifer."** -Edrix.

**"Kawawa naman si Yuri. Broken Hearted na naman."** -Mayo.

**"Tumigil nga kayo!"** Sigaw ko sa kanila. **"...Dami nyong sinabi! Nakisali lang ako sa drama nyo!"**

*Kainis!*

**"Pero seryoso, wala sa dalawa yung gusto mo?"** Tanung ulit ni Edrix.

**"H-hindi sa ganun."**

**"Hindi ka makapili?"** Tanung ni Mayo.

Yumuko ako at napa-kagat sa ibabang labi ko. *Kainis!* Ayoko ng ganito'ng tanung.

Halata'ng hinihintay ng dalawa na to yung isasagot ko. Pero nanatili ako'ng tahimik.

**"Kung ako sayo kay Yuri ka nalang."** Bigla'ng sabi ni Mayo dahilan para mapatingin kami sa kanya.

**"Bakit si Yuri?"** Tanung ni Edrix.

**"Walang bilang si Keifer. Ang problema sa kanya makasarili sya pagdating sa babae. Kaya kahit si Yuri na tanging natitira sa mga kaibigan nya, inagawan nya pa."** Paliwanag ni Mayo.

Kakaiba sa pakiramdam. Kung panu nagsalita si Ci-N tungkol kay Yuri dati ganun-ganun kung panu magsalita si Mayo ngayon tungkol kay Keifer.

Minsan ng nabanggit ni Yuri na makasarili si Keifer pagdating sa babae. Kahit dalawa na sila na nagsasabi at para'ng nararanasan ko na din yun, parang ang hirap pa ring maniwala.

**"Inagawan? Sino namang aagawin ni Keifer kay Yuri?"** Tanung ni Edrix.

**"Edi si Ella! Si Yuri naman talaga dapat ang pipiliin nya. Binakuran lang kasi ni Keifer kaya napunta sa kanya."**

*Si Yuri dapat?*

Pero ang sabi ni Yuri hindi naman daw sya minahal ni Ella. Kaya panu'ng nangyari na sya ang pipiliin?

**"Panu nangyari'ng si Yuri dapat?"** Tanung ko.

**"Ewan ko... Basta sabi ni Ella si Yuri ang gusto nya'ng piliin."** Sagot ni Mayo.

Bakit ganun? Naguluhan ako bigla. Nagtatanung pa sana ako kay Mayo pero nakita si Rakki na palapit samin.

Medyo pumayat sya at nagmuka'ng stress kumpara sa huli naming pagkikita.

**"Hello Rakki!"** Bati ko sa kanya.

**"H-hi... Bakit andito kayo? May klase kayo diba?"** Tanung nya samin.

**"Eto may kasalanan."** Sabay na sabi nila habang nakaturo sakin.

**"Hm?!"**

**"Hahahaha... Nag-cut lang yata kayo ng klase. Dinamay nyo pa si Jay-jay."** Pang-aasar ni Rakki sa kanila.

**"Hindi no! Si Jay-jay talaga may kasalanan."** Sabi ni Mayo sabay turo sa ilong nya.

**"Karma yan..."** Sabi ni Rakki at bumaling sakin. **"...Kamusta pala si Ci-N? Balita ko sa inyo sya nakatira ngayon."**

*Ayyiieeehhh... May nakaka-miss.*

**"Okay lang sana... Lalu na kung marunong sya'ng maglaba at maglinis ng pinagkalatan nya."** Sagot ko.

Ako kasi naglalaba ng damit nya. Sobra'ng nakakahiya sakin kasi. -_-

Yung feeling na hindi ako yung naglalaba ng damit ko pero damit nya ako yung tumatrabaho.

*Tamad!*

**"Wala ka aasahan dun. Sa kanila nga kukuha nalang ng tubig, iuutos pa."** Sabi ni Rakki.

Kahit samin naman ganyan sya. Ang sarap tuloy pektusan. Palibhasa kasi, anak mayaman tapos bunso pa. Wala naman yata'ng sumusuway sa kanya dahil laging wala ang magula'ng. Except dun sa Kuya nya'ng may sapi.

**"Sige na... Una na ko. Kailangan ko pang papirmahan sa nurse to."** Sabi at winagayway ang papel na hawak.

**"Para'ng pumayat sya."** Puna ni Edrix.

*Akala ko lang nakapansin.*

**"Stress siguro... Pato'ng pato'ng yung problema nya."** Sabi ni Mayo.

Taka ko sya'ng tinignan. **"Problema?"**

Sandali'ng tumingin si Mayo sa pinto ng clinic bago ibalik ang tingin sakin.

**"Simula kasi nung kumampi satin si Rakki, hinarang na ng Section A yung mga benifits ng Section nila. Kaya ngayon nagkukumahog sya'ng bawiin yung mga benifits na para sa kanila."** Paliwanag nya.

Kawawa naman pala si Rakki. Sya pa naman ang president ng Section nila kaya sa kanya talaga nakapatong ang responsibilidad.

**"Wag mong sasabihin kay Ci-N yun."** Biglang sabi ni Edrix.

**"Bakit?"**

**"Baka gusto mong magkagulo lalo?"** Sarcastic na sagot nya.

Sabagay, baka nga kung anu gawin nung bata'ng yun. Bukod sa awayin nun yung mga Section A, baka awayin din nya yung Guidance Councilor at Principal namin.

Kung anu-anu'ng bagay pa ang pinag-usapan namin. Madalas tungkol sa mga classmate nami'ng malakas ang sapi.

Sa kanila ko din nalaman na namatayan pala ng girlfriend si Josh. Hindi sila sigurado kung kelan, pero buhat daw nun naging weird na si Josh.

Si Drew naman sume-segway ng karakrus sa isang eskenita malapit sa school. Yari sakin yung animal na yun! Hindi pa nga sya bayad ng uta'ng eto na naman sya.

Hindi na namin namalayan yung oras.

**"...Dapat sa bakasyon----"**

**"**Ehem**"** Napatigil kami'ng lahat dahil sa pekeng umubo. **"...Kanina pa namin kayo hinihintay at hinahanap andito lang pala kayo!"**

*Lagot!*

Dahan-dahan kaming lumingon. Naka-cross arm at pailalim na tingin samin ang Hari ng mga Ulupong.

Nagpilit ako ng ngiti, pero mukang wala'ng talab yun.

**"Get back to class... NOW!"** Sigaw nya at dali-dali kami'ng tumayo at tumakbo pabalik sa room.

**"Kasalanan mo to Jay-jay!"** Sabi ni Mayo habang tumatakbo.

Tinignan ko sya ng masama. **"Ikaw kaya nang-away dyan!"**

**"Tama na! Maya na kayo mag-away! Ayan na si Keifer! Lagot tayo!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 139

**Trident**

***Jay-jay's POV***

**"Jay... Ice cream..."** Pagmamaktol ni Ci-N pero hindi ko sya pinapansin. **"Ice cream... Ice cream..."**

Kanina nya pa ko kinukulit. Naiinis kasi ako'ng ikuha sya ng pagkain. Hindi naman kasi sya marunong maglinis ng pinagkainan. Ang tamad-tamad din nya kumilos.

**"Jay... Jay... Jay... Jay...JAY!"** Sigaw nya.

Nahampas ko nalang yung kamay ko sa study table. Nakakainis na kasi!

*Kulit!*

**"Tama na! Gabi na! Matulog kana!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang sya'ng humikbi at gumulong sa sahig.

**"Inaaway ako ni Jay-jay!"** Sabi nya at nagsimula'ng umiyak.

*Ay putik!*

Bakit parang mas lalung lumakas ang sapi nito'ng Bata'ng Kumag na to?! Kinagat lang ng pusa tapos nagkaganyan na.

Hindi kaya nahuli na kami at umabot na ang rabis sa utak nya? Masama to! Ibalik ko kaya sa ospital o kaya idiretso ko na sa mental?

**"Oo na... Ikukuha kana!"** Sabi ko at agad na lumabas ng kwarto.

*Wala rin ako'ng nagawa!*

Dumiretso ako sa kusina. Kayalang pagdating dun, wala ng ice cream. Kinuha na ni Aries yung kahuli-hulihan. Naabutan ko pa sya'ng nangunguha ng kutsara habang nasa isang kamay nya yung pakay ko sana.

**"Pwedeng akin nalang yan?"** Paki-usap ko.

Tinignan lang nya ko at umirap pagdaan sa harap ko. *Pfftt! Damot!*

Wala ng ice cream. Yari ako nito sa Bata'ng Kumag. Bumalik ako sa kwarto at dahan-dahang binuksan yung pinto. Nagbabaka-sakali na tulog na sya.

Pero bigo ako, gising sya. Gising na gising. Alive na alive ang putik!

**"Ice cream ko!"** Sabi nya.

**"Ubos na."**

Nag-umpisa na naman sya'ng humikbi at magpa-gulong-gulong sa sahig. Napakamot nalang ako sa batok ko.

**"Ibibili nalang kita."** Sabi ko at agad na kinuha ang cellphone at wallet ko sa lamesa.

Bigla nalang sya'ng huminto sa pagiyak at tumayo.

*Huh?*

**"Bili kana rin ng midnight snack."** Sabi nya at nag-abot ng pera.

**"Kung samahan mo kaya ako!"** Inis na sabi ko sa kanya.

**"Hindi na... Kaya mo na yan. Umabot ka nga ng 17 na wala ako eh. Yan pa kaya!"** Sabi at humilata sa kama. **"...Bilis mo na."**

*Ay wow!*

Yung napa-nganga ka nalang sa pagka-amaze sa peste'ng bata na to. Ibang klase! Wala ako'ng masabi.

Naglakad na ko palabas. Hindi na ko nagpaalam, baka kasi nagpapahinga na sila. Kinuha ko yung bike ko sa garahe.

Madilim na sa daan, salamat sa ilaw sa poste at naliliwanagan ang daan ko. Next time bibilan ko ng flasher tong bike ko para malakas na loob kong magbike sa gabi.

*Perwisyo tong Bata'ng Kumag na to!*

Sa Mini Mart malapit samin ako dumiretso. 24/7 naman to kaya kahit anu oras pwede ako bumili dito.

Pinarada ko yung bike ko at pumasok sa loob. Wala'ng masyado'ng tao, gabi na rin kasi.

*Solo ko ang Mini Mart!*

Habang naniningin ng ice cream. Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko. Hindi muna ko gumalaw, pinakiramdaman ko kung anu'ng gagawin nya.

Tumingin din ako sa reflection ng glass door ng ref. Nagbabakasali'ng makikita ko yung muka nung nasa likod ko pero ang hirap makita.

**"Ang tagal mo naman mamili."** Bigla'ng sabi nung tao sa likod ko.

*Teka! Si*----

**"David!"** Sigaw ko pagharap sa kanya.

Ngumiti sya sakin at agad ko naman sya'ng binawian ng hampas sa dibdib nya.

*Bwisit! Kinabahan ako!*

**"Aray! What is that for?"** Inis na sabi nya.

**"Tinakot mo ko'ng putrages ka!"**

Bigla nalang sya'ng tumawa. **"Co'z you look so serious. Kukuha ka nalang ng ice cream pakatitig kapa dyan."**

**"Namimili nga kasi!"** Inis na sabi ko at muling hinarap ang ref.

*Istorbo!*

**"May gagawin kaba?"** Tanung nya.

Umiling ako ng hindi humaharap sa kanya. Kayalang kong mahanap yung favorite flavor ni Ci-N.

*Rakki----este! Rocky Road!*

Mabatong daan! Nasan na yung mabatong daan?! Isasampal ko lang sa pagmumuka nung bata'ng kumag.

**"Gusto mo'ng kumain muna? Libre ko."** Sabi ni David.

Agad ako'ng humarap sa kanya at ngumiti. **"Tara na... Makaka-paghintay naman yang ice cream na yan."**

Ngumiti naman sya sakin habang umiiling. Masama tumanggi sa grasya. *Tsaka libre daw.* Minsan lang makatisod ng libre sa daan.

Juice at pre-heated sandwich lang ang kinuha ko. Busog pa kasi ako, sayang sana kaunti lang kinain ko kanina'ng hapunan.

**"Lumabas ka lang para sa ice cream?"** Tanung nya.

Nag-nod naman ako. **"Para dun sa bwisita ko sa bahay."**

**"Si Ci-N... Bakit hindi mo sya kasama?"**

**"Ay naku! Napaka-tamad ng bata na yun!"**

**"Can't argue with that."**

Binuksan ko yung balot nung sandwich at hinintay lumamig.

**"Ikaw? Bakit kapa lumabas?"** Baling ko sa kanya.

**"I can't sleep. Over thinking, i guess."** Sagot nya at bahagya'ng yumuko.

**"Bakit?"**

**"I don't know."**

**"Tungkol saan?"**

**"Marami'ng bagay."**

**"Sabihin mo na!"** Pagpipilit ko.

**"You won't understand it. It's just some ramdom thing."**

Napanguso nalang ako. Ayaw talaga'ng magsalita, wala ako'ng magagawa.

Pinagdiskitahan ko nalang yung sandwich sa harap ko. Habang kumakain, narinig ko yung phone ko. Kinuha ko yun mula sa bulsa ko at bumungad ang pangalan ng Peste'ng Hari ng mga Ulupong.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** *Where are you?*

Napasibangot ako. Wala ako'ng balak replayan ang kumag na yan. Paki naman nya kung nasan ako. Maka-asta kala mo jowa, dinaig pa yung---so called---fiancé ko.

**"Bakit?"** Tanung ni David sakin.

**"Wala... Wrong send lang ata."** Palusot ko at tinuloy ang pagkain.

**"Si Keifer no?"** Tanung nya at bigla nalang ako'ng nasamid. **"...I knew it."**

**"Panu mo naman **ubo** nasabi?"** Tanung ko.

**"Instinct."** Mayabang nya'ng sagot.

Naku! Yan na naman sya, sosyalin ang instinct nito'ng si David. Laging tumpak!

*Panu kaya magkaroon ng sosyalin na instinct?*

Iminum ako ng juice sa pagbabakasakaling mawala yung pagkasamid ko.

**"Kayo naba ni Keifer?"**

Naibuga ko nalang bigla yung juice at halos sumuka na ko sa kinauupuan ko.

*Tengene!*

Sakit ng lalamunan ko! Pakshit! It burns!

**"S-sorry..."** Sabi ni David habang inaalalayan ako at inaabutan ng tissue.

**"King****ubo****... Kingina kasi!"**

Bigla nalang sya'ng natawa. Kung hindi lang ako naiiyak dahil sa pagkasamid baka pinatay ko na sya sa titig.

Hanep din kasi'ng magtanung tong luko na to. Nakakabigla!

Nang umayos na yung pakiramdam ko, uminom ulit ako. Mabilisan lang at baka magtanung na naman tong David na to.

*Ang sakit talaga!*

**"Natapunan yung damit mo."** Sabi nya at inabutan ulit ako ng tissue.

Kinuha ko naman yun at pinunasan yung damit ko sa banda'ng dibdib. Nilabas ko muna yung kwintas ko, pakiramdam ko kasi nabasa din.

Habang tuloy-tuloy ako sa pagpupunas, napansin ko si David na titig na titig sa dibdib ko.

*Luko to!*

**"Susundutin ko mata mo!"** Banta ko sa kanya.

**"Huh?"**

**"Yung mata mo! Makatitig wagas!"**

**"S-sorry... Yung kwintas mo kasi. Bakit may kasama'ng singsing?"**

Napahawak ako sa kwintas. Yung engagement ring. Hindi nga pala nila alam yung tungkol don.

**"B-bigay kasi sakin, kayalang hindi ko maisuot kaya nilagay ko nalang dito."** Palusot ko. Nag-nod naman sya bilang pagtanggap ng sagot ko.
**"...S-sino nga pala nagpabigay nito'ng kwintas?"**

Pag-iiba ko sa usapan. Baka kasi magtanung sya bigla kung sino nagbigay, hindi ko alam isasagot ko.

**"Ang slow mo naman..."** Sabi nya dahilan para magsalubong ang kilay ko.
**"...Hanggang ngayon, wala ka pa ring clue."**

*Pisti'ng to!*

**"Sabihin mo nalang kasi!"**

Huminga sya ng malalim at bahagya'ng lumapit sakin.

**"Anu nakalagay sa box?"** Tanung nya.

**"Wala... Maliban don sa symbol ng Trident ni Poseidon."** Sagot ko.

**"Exactly! That's your clue."**

Eh wala naman nga ako'ng maisip na Poseidon na kakilala ko. Kingina! Mula pasko't bagong taon, iniisip ko na yan pero wala ako'ng idea.

**"Eh?"**

Nahampas nalang ni David ang noo nya. May ilang beses din yata sya'ng huminga ng malalim.

**"Do you know any of Poseidon's child?"** Tanung nya.

Umiling ako. **"Ang dami kaya'ng anak ni Poseidon sa Greek Methodology."**

**"Wala kang kilala?"**

**"Kilala ko lang yung fictional character na si Percy Jack----"** Natigilan ako.

*Ang hina mo talaga Jay-jay!*

Napatingin ako kay David na nakangiti sakin at parang nagsasabi na '*Kita mo*'. Hanep yan!

Yung uso naman kasi yung google pero parang hindi ko alam gamitin. Hindi ko naisip yun agad. *Badtrip!*

Pero teka lang!Kung si Percy nagpabigay nito....

**"Nagkikita kayo ni Percy?"** Tanung ko sa kanya.

**"Hindi... Pinadala lang nya sakin yan."**

**"P-pero nagkaka-usap kayo?"** Pangungulit ko.

Nakatitig sa mata ko si David. Takte! Yung sumasakit na yung ulo mo sa kakaisip. Tapos eto lang yung sagot sa harap ko.

*Ah baka matindi!*

**"Tatawag sya kung kelan nya gusto. Wala kaming complete communication."** Sagot nya sakin at halos manlambot ako.

Ang daya naman! *Kainis!*

Hinawakan ko yung kamay ni David at tinignan sya na puno ng pakiki-usap.

**"David! Sige na... G-gusto ko na sya'ng makausap."** Sabi ko.

Tinitigan nya yung kamay ko at sa totoo lang ang lamig ng kamay nya. Hindi ko alam kung ganu na kami katagal na ganun. Hanggang sa bigla nya'ng binawi yung kamay nya at huminga ng malalim.

**"Kaya ko sya'ng padalan ng message but i can't guarantee na sasagot sya."** Sabi nya at kinuha ang phone nya.

Nagpipindot sya don at nagtype ng message. Tinapat din nya sakin yung camera.

**"Smile."** Sabi nya.

Pero bago pa ko makangiti narinig ko na yung tunog ng cam. *Hayop!*

**"Ayaw ayusin!"** Inis na sabi ko.

**"Send."** Sabi nya at binaba yung phone sa harap nya.

Nakatitig lang kami don ng mga ilang minuto. Gusto'ng gusto ko ng kuhanin yung phone ni David at tadtarin ng message si Percy.

*Putnam! Pa-thrill kasi!*

Naubos ko na yung sandwich at juice ko. Pati pagkain ni David ako na rin kumain pero wala pa rin, hangang sa bigla nalang umilaw yung phone at may lumabas na '*1 Message*'.

Kinuha ni David yung phone nya at binasa yung nakasulat. Tinignan pa nya at para'ng nag-aalangan kung babasahin nya yung message ng malakas.

Mapursige ang tingin ko sa kanya kaya wala rin sya'ng nagawa. Pero natigilan ako ng marinig ko yung laman nung mensahe na binabasa nya.

**"Remove that ring from the necklace... Or i will kill Yuri when i get back there."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 140

**Why and When**

***Jay-jay's POV***

**"Ahhh!"** Sigaw ni Ci-N. **"...Bakit ganyan ang mata mo?"**

Hinawakan ko yung ilalim ng mata ko. Yung eyebags kong may eyebags din. Badtrip!

Hindi na kasi sumagot si Percy pagkatapos nung huling message nya. Halos agawin ko yung cellphone ni David sa pagmamaka-awa ko.

Pero ayaw na kong tulungan ni David. Pilit nya kong hinatid pauwi. Wala ako'ng nagawa kundi umiyak. Sya na rin ang bumili ng pagkain ni Ci-N na hindi naman din nya kinain dahil tulog na sya pagdating ko.

**"Hindi nga ako nakatulog ng maayos."** Sagot ko at dumiretso sa banyo.

*Hindi talaga nakatulog.*

Sinubukan kong pumikit at magbilang ng tupa, kambing, kabayo, palaka, kalabaw at aso sa isip ko pero wala pa rin. Ang sakit sakit tuloy ng ulo ko at ang bigat din ng katawan ko.

Ang hindi ko pa maintindihan, kung bakit ganun yung message nya. Anu yun? Na-wrong send? Pero imposible.

Si Yuri yung binanggit nya at yung singsing. Hindi kaya alam nya yung engagement? Pero panu nya nalaman?

*Agh! Yan na naman!*

Sumasakit na naman ang ulo ko. Agad ako'ng naghilamos at sipilyo. Tinali ko din yung buhok ko pa-bans.

Paglabas ko ng banyo nakita ko si Ci-N na parang may hinahanap. Nabaliktad na rin nya yung kutson na hinihigaan nya sa sahig pero mukang hindi pa rin nya makita.

**"Anu hinahanap mo?"** Tanung ko.

**"Yung tumutunog."**

Pagkasabi nya nun, awtimatiko'ng hinanap ng mata ko yung cellphone ko. Akin yun eh! Ringtone ko yun!

Nabaliktad ko na rin yung kama ko pero wala. Hanggang sa napatingin ako sa basurahan.

*Pakshit!*

Tinapon ko nga pala yung cellphone ko sa sobra'ng inis. Nanlulumo ako kagabi. Feeling ko wala'ng pakinabang cellphone ko kaya dumiretso sa basurahan.

Kinuha ko naman yun agad at tinignan yung tumatawag.

*King Ulupong Calling...*

Tinignan ko muna si Ci-N bago sagutin yun.

**"Hello."** Sabi ko pagkasagot ng tawag.

**["*Kindly explain why you're not answering any of my phone calls and text messages.*"]** Maotoridad na tanung nya.

**"H-ha? A-anu... K-kasi... Eh."** Yun na nalang ang naisagot ko habang naghihimas ng batok.

Bigla din kasi sya'ng tumawag kagabi pero hindi ko sinagot dahil busy nga ako sa pakiki-usap kay David at pag-iyak na rin.

**["*Tss.*"]**

Bigla nalang ako'ng napatigil. Yung feeling na nanibago bigla ako sa hindi ko maintindihan na dahilan o mas tama ata'ng sabihin na para'ng namiss ko yung '*Tss*' na yun.

**["*...Sasama kaba kay Eman mag-grocery?*"]**

Ay oo nga pala! Tinignan ko yung oras sa wall clock. Buti nalang at maaga pa.

**"O-oo... Sasama ako. Bakit?"**

**["*Magkita tayo pagkatapos.*"]** Sabi nya at bigla nalang namatay yung tawag.

*Bastusan?!*

Animal tong kumag na to! Ka-aga-aga bubusitin ako. Hinarap ko si Ci-N para sana ipa-alala sa kanya na mag-grocery kami. Sasama daw kasi sya sabi nya kahapon.

Pero seryoso'ng seryoso ang itsura nya habang nakatingin sa cellphone nya.

**"Uy... Bakit?"** Tanung ko.

**"Hindi pala ako makaka-sama sa inyo."**

Taka ko sya'ng tinignan. **"Hm?"**

**"Magkikita kami ni Rakki at ni... Ate."**

Nag-nod nalang ako. Gustuhin ko mang itanung kung tungkol saan yun, pinili ko nalang tumahimik. Malakas ang pakiramdam kong seryoso yung usapin nila.

Dumiretso sya sa banyo para maghilamos. Nagbihis naman ako ng damit.

Paglabas nya ng banyo inaya ko na agad sya'ng mag-almusal. Nakasalubong pa namin si Aries na---as usual---masama ang tingin samin.

Habang kumakain, hindi ko maiwasan na hindi mailang. Ang tahimik kasi ni Ci-N.

**"Anu'ng oras ka pala uuwi? Gagabihin kaba?"** Basag ko sa katahimikan.

**"Hindi ako sure. Pero tatawagan kita agad."** Formal nya'ng sagot at nagpilit ng ngiti.

Hindi na ko nagsalita at nagpatuloy sa pagkain. Nauna pa sya'ng natapos sakin at agad na bumalik sa kwarto ko.

*Eh bakit?!*

Pagbalik ko sa kwarto, nagbibihis na sya. *Wow! Pormado'ng pormado!* Pag-ganito sya manamit para sya'ng hindi bata.

Naligo na rin ako. Mabilis ang naging kilos ko. Pati na rin sa pagbibihis.

Sabay kami'ng lumabas ng bahay. Si Ci-N nga lang ang sumakay paalis. Naiwan ako'ng nakatayo sa kanto namin at naghihintay ng sundo.

Habang naghihintay, hindi nakaligtas sa paningin ko ang isang grupo ng kalalakihan na naninigarilyo sa kabilang kanto.

*Eto na naman po tayo!*

Nakatitig sila sakin at panay ang bulungan. Pero bago pa man din sila makagawa ng hakbang malakas na busina ng kotse ang bumasag sa eardrums ko.

*Pvta! Eman to!*

**"Sakay!"** Malakas na sigaw ni Eman.

Nakasibangot ako'ng sumakay sa passenger seat. Alam ko kasing may naka-upo sa shutgun. Sino pa ba, edi yung isa sa masarap barilin ng shutgun.

*Blaster?!*

**"Umaano ka dito?!"** Gulat na tanung ko.

Expected ko si Eren o kaya si Rory or Kit. Basta isa sa mga tunay na perwisyo.

**"Wala ako'ng magawa sa bahay."** Bored nya'ng sagot at tumingin sa bintana.

**"May kalaban ka pala eh."** Sabi ni Eman at tinuro yung grupo ng kalalakihan sa kabilang kanto.

**"Anu? Tatawag naba ko ng back up?"** Tanung ni Blaster.

Umiling ako. **"Wag na... Wala naman sila'ng ginawa sakin."**

Aga-aga, away agad ang hanap. Ayos din tong mga to.

Nagkibit balikat lang si Eman at pina-andar na yung kotse. Dumiretso kami sa isa'ng Mall na pinaka-malapit sa amin.

Pagka-park ng kotse, nagpunta agad kami sa supermarket. Tatlo lang kami'ng magkakasama kaya wala masyado'ng pang-gulo.

Si Eman ang may hawak ng listahan kami naman ni Blaster yung nagtutulak ng cart. Habang naniningin, napatingin ako sa cellphone na hawak ni Blaster.

Picture kasi ng maganda'ng babae yung naka-wallpaper sa kanya.

Siniko ko sya. **"Sino yan?"**

**"H-ha? Si... Anu... Bestfriend ko."** Sagot nya.

*Bestfriend nya?*

**"Yung... yung... Girlfriend ni Kei----"**

**"Oo."** Putol nya sa sasabihin ko at naglakad palayo sakin.

Kaya naman pala binabakuran ng husto ni Keigan, maganda naman pala. Bestfriend daw?! Naku! Naku! Naku!

Patuloy kami sa pamimili, mabilis lang dahil kinukuha lang ni Eman yung kailangan. Hindi kagaya dati kapag kasama yung iba. Lahat nalang pinag-aawayan.

Nanguha na rin kami ng snack. Napahinto ako sa tapat ng mga candies. May nakita kasi ako'ng isang garapon ng lollipop.

*Lollipop. Lollipop. Lolli. Lolli. Lollipop.*

Naalala ko bigla yung Hari ng mga Ulupong. Nung unang beses ko sya'ng makita, lollipop ang nakasalpak sa bunganga nya.

Bigla ko'ng naalala na magkikita nga pala kami mamaya. May kung anu'ng ideya na pumasok sa isip ko. Kinuha ko yung garapon ng lollipop.

**"Ikaw magbabayad nyan."** Sabi ni Eman sakin.

**"Oo na... Tsaka sakin naman to eh."**

Tumuloy na kami sa pamimili. Ng masiguro ni Eman na kompleto na lahat dumiretso na kami sa cashier.

*Ang haba ng pila.*

**"Mamaya pa to..."** Sabi ni Blaster at humarap sakin. **"...Samahan mo muna ko. May bibilin lang ako sa isang stall dyan."**

Tinignan ko yung pila. Ang haba nito tapos ang dami ding binili nung nasa harap namin.

Nag-nod naman ako. **"Sige... Mamaya pa to."**

**"Iiwan nyo ko?!"** Inis na sabi ni Eman.

**"Edi sumama ka... Tara!"** Aya ni Blaster sa kanya.

Masamang tingin lang ang sinagot sa kanya ni Eman. Nagpaalam na kami at dumiretso sa loob ng Mall.

Kung titignan si Eman parang hindi sya palaaway na kagaya nung iba. Matured din sya mag-isip. Malakas nga lang ang trip nya kapag naisipan nya'ng mangulit kagaya nung iba.

**"Dun tayo."** Turo ni Blaster sa isang tindahan ng pabango.

Habang hinihintay sya, napatingin ako sa isang fastfood restaurant sa tapat lang ng kinatatayuan ko.

Para kasing nakita ko si Ci-N. Tinignan ko pang mabuti at nakita ko nga sya'ng nakaupo, kasama ng....Kuya nya?!

*Kala ko Ate nya at si Rakki ang kakausapin nya?*

Pero mukang totoo naman yun dahil sa katapat nila'ng upuan, nakaupo si Rakki at isa'ng babae na may hawig kay Ci-N at Kuya nya.

Saksakan nga lang ng ganda at mukang supistikada.

Hindi ako sigurado kung gano na sila katagal na nag-uusap at kung gano na rin ako katagal na nakatitig sa kanila, pero napaka-seryoso ng mga muka nila.

Bigla nalang tumayo si Ci-N at lumapit kay Rakki. Akala ko may sasabihin lang sya pero yumuko sya at tuloy-tuloy na nilapit ang muka nya hangang sa maglapat ang labi nila'ng dalawa.

**"Ooohhh... Ooohhh.."** tawag ko sa kasama ko.

Bigla kong nakalimutan ang pangalan nitong si Blaster. Napatingin na rin sakin yung tindera na naka-usap nya.

**"Napapano ka Jay?"** Tanung ni Blas.

Hindi ako makapagsalita. Tinuro ko nalang yung pwesto nila Ci-N at Rakki.

**"Nice! Muka'ng binata na ang bunso ng Section E."** Sabi nya at agad na kinuha ang cellphone nya para kuhanan sila.

*Yung Bata'ng Kumag!*

**"...Tara na. Baka makita pa nila tayo."** Aya sakin ni Blaster at may kinuha dun sa tindera.

Pero hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Gusto ko pang tignan ang susunod na eksena.

*Baka nay kissing scene ulit!*

Tengene! Kinikilig ako para sa kanila! Grabe! Gumagalawa'ng Ulupong na rin tong si Ci-N.

**"Tara na!"** Sigaw ni Blas kaya napilitan ako'ng sumunod sa kanya.

Pero habang naglalakad hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. *Ay kasi naman! Ahihihi...*

**"Muka kang ewan Jay..."** Komento ni Blas kaya napatigil ako.
**"...Ngumingiti ka mag-isa. Isipin ng mga tao baliw ka."**

Inirapan ko nalang sya. Paki-alam ba nila, sa napapangiti ako ng eksena kanina eh.

Pagdating namin sa supermarket, si Eman na yung susunod sa cashier. Agad kami'ng lumapit sa kanya.

**"Emaaaannn..."** Tawag ko sa kanya habang kinikilig.

**"Napapano ka?"** Tanung nya.

**"Kasi nakita namin si Rakki at Ci-N----"**

**"Nag-kiss sila."** Putol ni Blaster sa sasabihin ko.

*Ay papansin!*

Tinignan ko sya ng masama. Ako dapat magsasabi nun eh. Asar tong Pasabog na to.

**"Nice!"** Komento ni Eman.

**"Buti pa si Ci-N naka-score na. Yung isa dyan, hanggang HHWW pa rin sa girlfriend nya."** Parinig ni Blaster.

Tatlo lang kami dito. Obvious naman na hindi ako yun, dahil wala naman ako'ng girlfriend. Hindi rin naman yun kahera dahil hindi naman namin sya kilala.

Tinignan ko si Eman na masama na ang tingin kay Blaster.

**"Tigilan mo ko."** Ma-otoridad na utos ni Eman.

Tawa lang ang sinagot nitong isa. Mukang may magkakapikunan pa ata. Pero hindi yun ang inaalala ko.

*Anu na kaya'ng status ni Rakki at Ci-N?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 141

**New York**

***Jay-jay's POV***

**"...Aminin mo na Pre! Weak ka talaga!"** Pang-iinis ni Blaster.

**"Tantanan mo ko!"** Inis naman na sagot ni Eman.

Kanina pa sila ganyan. Mula sa harap ng cashier hanggang sa paglalakad namin papunta sa parking.

Ako nalang humihingi ng pasensya sa mga tao'ng pinagtitinginan kami at napeperwisyo ng dalawa'ng to.

**"Woohh! Virgin!"** Sigaw ni Blaster at bigla nalang ako'ng natawa ng malakas.

**"Hahahahahaha..."** Wala namang masama sa sinabi niya. Natawa lang talaga ako dahil mukang asar na asar na tong isa.

**"Gago ka! Tigilan mo sabi ako!"** Sigaw ni Eman at bigla nalang namula.

Bakit kapag lalaki ang nag-aasaran ng ganun nakakatawa? Pagbabae, parang nakaka-pikon at napaka-seryoso'ng usapin.

**"Bakit? Nahihiya ka! Kasi virgin kapa rin?"** Pangungulit ni Blas.

Halata'ng napipikon na si Eman pero nagpipigil lang.

Bigla nalang tumunog yung phone ko. Hinayaan ko muna'ng magtalo yung dalawa at sinagot ko na yung tawag.

**"Hello?"**

**["*Done shopping?*"]** Boses nung Hari.

Dapat tinignan ko muna yun caller. *Pffttt*...

**"O-oo.."**

**["*Don't go anywhere. I'll pick you up.*"]** Sabi nya at pinatay na naman yung tawag.

*Bastusan talaga eh!*

I'll pick you up? Alam ba nya kung nasan ako? Siguro sinabi nitong dalawa na to.

Speaking of dalawa, ayun nagtatalo pa rin sila. Lumapit na ko agad at baka mag-suntukan na.

**"Mauna na kayo. May pupuntahan pa pala ako."** Sabi ko sa kanila.

**"Saan? Hatid na kita."** Presinta ni Eman.

**"Dito lang din."**

Pareho naman sila'ng nag-nod. Kinuha ko muna sa kanila yung garapon ng lollipop. Nag-paalam na rin sila dahil may gagawin pa daw si Blaster.

Pinagmasdan ko lang yung kotse nila na makalayo sa kinatatayuan ko. Sakto nama'ng pagkawala nila ang paglitaw ng *Nissan GTR* ng Hari.

*Yayamanin talaga!*

**"Sakay."** Bungad nya sakin.

Grabehan! Hindi man lang ako pagbuksan ng pinto. Napaka-gentleman mo dyan.

Pagsakay ko, humarurot na ang wala'ng hiya. *Animal!*

**"Saan tayo pupunta?"** Tanung ko sa kanya.

**"Sa bahay."**

Nag-nod nalang ako. Anu kaya'ng trip nito at nakipag-kita sakin?

Sandali lang ang naging byahe namin dahil sa bilis magpatakbo nito'ng kumag na to.

Pinarada nya yung kotse nya kahilera ng iba pa. Pinagmasdan ko yung ibang sasakyan na katabi ng sa kanya. Ang putik! Naiingit ako sa kanya.

**"Keifer... Mayaman ka naman baka pwede'ng akin nalang isa?"** Bungad ko sa kanya sabay turo sa mga kotse nya.

Seryoso nya ko'ng tinignan. **"Which one?"**

*Hala! Hala! Which one daw!*

**"Seryoso ka dyan?!"**

**"Yeah... Just make sure na hindi ka magpapakasal kay Yuri. Ibibigay ko sayo kahit bahay ko."** Sabi nya at nag-cross arm.

Tinignan ko yung *MGA* kotse nya at yung bahay nila'ng mansyones.

Ayoko na palang magpakasal kay Yuri. Malaki naman pala kapalit. *Hehehehe Joke!*

**"Bleeehhh.."** Sagot ko sa kanya.

**"Tss."** Sabi nya sabay irap. **"...Kahit naman wala yang mga yan, mapupunta ka pa rin sakin."**

*Yabang!*

**"Asa!"** Mabilis kong sagot.

Tumawa lang sya at umiling. Napaka-taas ng confident sa sarili. Ikaw na! Ikaw na!

Sumunod naman ako sa kanya. Pagpasok sa loob, si Keiren agad ang bumungad sakin.

Kayalang bago ko pa sya mabati. Sinibangutan na agad ako at nilayasan.

*Keifer na Keifer oh!*

**"Sungit."** Bulong ko at bumalik sa pagsunod kay Keifer.

Nagpunta kami sa basement nila. Kung saan yung mahiwagang tambayan ng mga Ulupong.

Dito ako hinatid ni Keigan dati nung hinahanap ko si Felix.

**"Anu yang dala mo?"** Tanung ni Keifer.

Yung garapon ng lollipop ang sinasabi nya. Inabot ko sa kanya yun. Tinanggap naman nya na puno ng pagtataka.

**"Naalala ko kasi dati, may subo kang lollipop nung una'ng beses kita'ng makita."** Sabi ko at ngumiti.

Sandali sya'ng tumahimik at parang nag-isip.

**"I remember. Those are the time that i try to stop smoking. I use this..."** Tinaas nya bahagya yung garapon. **"...as a substitute but it didn't work."** Paliwanag nya.

Nag-nod naman ako. Tama! Yun yung mga time na hindi ko pa sila nakikita ni Yuri na manigarilyo.

**"...but thanks anyway. Sayang nga lang."**

Taka ko sya'ng tinignan. **"Sayang?"**

**"Hindi na kasi ito yung sweets na gusto kong substitute sa sigarilyo. Mas gusto ko yung Lips."**

Yung Lips na candy ang una'ng pumasok sa isip ko. Pero may kakaiba kasi sa tingin sakin ni Keifer.

**"B-bakit?"**

**"Co'z *your* Lips is much more sweeter than this lollipop."** Sabi nya at kumindat.

*Kingina'ng to!*

Sinasabi ko na! Ibang *Lips* ang tinutukoy nitong kumag na to. Agad ko sya'ng tinignan ng masama pero tinawanan lang nya ko.

Bumalik na kami sa paglalakad. Pagbukas ng pinto patungo sa mahiwaga'ng tambayan nila, si Edrix, Rory at Felix ang bumungad sakin.

**"Hi Jay!"** Bati nila sakin.

**"Hello, anu'ng meron? Bakit kayo andito?"** Tanung ko sabay upo sa tabi nila.

**"Bakit? Masama ba? Gusto mo ata solo mo si Keifer eh?"** Pang-aasar ni Edrix.

Malakas na hampas sa batok nya ang sinagot ko sa kanya. *Bwisit to!* Nagtatanung ako ng maayos.

**"Ang sakit nun..."** Reklamo nya habang hinihimas ang batok.

**"Bagay sayo yan... Ang tino ng tanung ko sayo."**

Bahagyang tumawa si Rory at Felix. Naupo naman si Keifer sa tapat namin habang may hawak na baso ng alak.

*Alak na naman!*

Hindi kaya may drinking problem na tong isa na to? Twi-twina nalang kasi, may hawak na bote o baso ng alak ang luko.

Pero sa totoo lang, ang tagal nya malasing kapag nag-iinom sya. Ang tatag din ng atay nya.

**"We want to show you something."** Sabi ni Keifer at sinenyasan yung mga kasama namin.

May nilabas na laptop si Edrix. Binuksan nya yun sa harap ko. Picture ng pasakay na lalaki sa kotse ang bumungad sakin.

**"Anu yan?"** Tanung ko.

**"Ang Papa mo."** Sagot ni Edrix.

Sa halip na matuwa ako o maluha sa sinabi nya, nakaramdam ako ng inis.

**"Niloloko mo ba ko?"** Inis na tanung ko.

**"Ha?"**

**"Panu ko masasabi'ng papa ko yan? Eh nakatalikod!"**

Kamot batok namang tinignan ni Edrix yung laptop at ngpipindot ng kung anu.

Sa sumunod na litrato ng-umpisa'ng magbago lahat. Nawala ang inis ko kay Edrix. Napunta lahat ng atensyon ko sa monitor ng laptop.

*Si Papa nga!*

Naka-pang-golf sya at nakatingin sa malayo. Hindi ako sigurado kung saan kuha yun pero malinaw na malinaw na sya yun.

Pinindot ni Edrix yung next button at napalitan yung picture. Naka-business attire sya at may kaharap na kapwa nya ganun din ang suot.

Nalipat ulit yung picture at nasa isang mahabang table naman sya kasama ng maraming lalaki na naka-business attire din.

Tuloy lang si Edrix sa pagpapakita ng picture sakin at aaminin ko. Gusto ko na wag na sya'ng tumigil pa. Pero hindi pwede dahil umulit na naman yung ibang picture. Mukang kaunti lang yung nakuha ni Edrix.

**"S-saan nyo nakuha mga picture na to?"** Tanung ko.

**"Yung iba sa Business Magazine, yung iba naman sa isang News Website."** Sagot ni Edrix sakin.

*Magazine? Website?*

**"P-panu'ng napunta don ang mga picture ni Papa?"**

**"Nag-search ako tungkol sa Papa mo. Nalaman ko na, anak pala sya ng isang Businessman Tycoon. Nahihilera din sila sa may mga magaganda'ng record sa business dito at sa ibang bansa."** Paliwanag ni Rory.

Natigilan ako. Business man? Mayaman si Papa? Pero kung may kaya naman pala sya, bakit parang wala sya'ng nagawa para makita ako?

Hindi ko maintindihan. Sumasakit na naman ang ulo ko. Pakiramdam ko, lalung lumayo yung kalagayan namin ni Papa.

**"...Kasalukuyan din sya'ng nasa New York ngayon."** Dagdag ni Rory.

Ang bigat sa pakiramdam. Wala ako'ng ideya sa kung anung buhay talaga nya.

**"Bukod dyan... M-meron pa sana kami'ng gusto'ng ipakita sayo."** Singit ni Felix.

Merong pinindot si Edrix sa laptop. Nagbukas sya ng folder at bumungad ang mga picture ulit ni Papa pero sa pagkakataon na to meron sya'ng kasama.

*S-s-si Percy?*

Tinignan ko si Felix. Wala sya'ng reaksyon pero alam kong marami din sya'ng tanung.

**"K-kasama nya si Percy?"**

May ilang picture pang pinakita si Edrix at mistulan silang mag-ama. Nag-golf, nagtatawanan, kumakain sa restaurant at para silang isang pamilya.

Bukod sa pagkalito, nakaramdam din ako ng inggit. Gusto ko din makasama si Papa kagaya ng sa kanya.

**"Percy Rey Mariano ang pangalang pinakilala nya."** Sabi ni Rory.

*Eto ba ibig sabihin nun?!*

Kaya ba kami magka-apilyido dahil dito? Pero anu'ng relasyon nila? Pinakita na sakin ni Felix ang Papa ni Percy at hindi yun ang Papa ko.

**"...bukod dito, wala na kami'ng ibang makuha'ng information. Limited lang ang nakalabas tungkol sa kanila."** Paliwanag ni Rory.

Nasuklay ko nalang ang buhok ko. Kusa ding bumagsak ang mga luha ko. Sobrang bigat sa pakiramdam. Gusto'ng gusto ko ng makilala si Papa, tapos malalaman ko na magkasama pa sila ni Percy.

Si Percy'ng ilang beses kong nakaharap at naka-usap.

**"Jay..."** Tawag nila sakin.

**"Okay lang ako... Ang daya lang kasi."** Sabi ko.

Inabutan ako ni Felix ng tissue. Napatingin ako kay Keifer na seryoso'ng nakatingin din sakin.

**"Thank you... At least may clue na ko tungkol sa kanya."** Sabi ko at napilit ng ngiti.

**"But you don't look happy about it."** Sabi nya.

**"Masaya ako... Naiinis lang kasi ako. Lalu lang nadadagan yung mga tanung ko."**

**"I know... It makes you frustrated."**

Nag-nod naman ako. Totoo naman kasi, sinasagad ako ng mga tanung tapos wala namang sagot.

**"...But no matter what happen, we will help you find an answer for your question."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 142

**Message**

***Jay-jay's POV***

Kung may bibig lang ang mata ko. Kanina pa ko minura nito. Bukod sa patong-patong na eyebag nadagdagan na naman ng panibago.

Buti nalang at hindi pa ko nakikita nila Tita at Kuya. Kundi tatadtarin na naman nila ako ng tanung.

**"May nangyari ba?"** Tanung sakin ni Ci-N.

Umiling lang ako. **"W-wala to..."**

Binaba nya yung dala nya at naupo sa tabi ko. Kahit wala ng luha, pinupunasan ko pa rin yung mata ko.

**"Jay... Anu ngang nangyari?"** Tanung nya.

**"May nalaman lang ako tungkol kay Papa."**

**"Hindi ba dapat masaya ka?"**

Nagpilit ako ng ngiti. **"Masaya naman ako. Ang komplikado lang kasi ng sitwasyon namin."** Nagbabadya na naman ang mga luha ko.

**"Okay lang yan..."** Inakbayan nya ko at hinimas sa balikat. **"...Bababa din ang singil sa kuryente."** Sabi nya dahilan para mapangiwi ako.

*Anung connect ng kuryente?*

Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas. Impakto! Nagda-drama ako dito tapos biglang hihirit ng ganun.

**"Hahahaha... S-sorry! Hahahahaha."**

Kumuha ako ng unan at hinampas sa muka nya. Hindi pa rin sya tumigil sa pagtawa kaya pinaghahampas ko na sya ng unan.

**"Hahahahaha... Aray! Hahahahaha... T-teka lang! Hahaha Tama na!"**

Panu kaya ako titigil kung ayaw nyang tumigil sa pagtawa?

Kusa din kaming napagod kaya huminto na ko. Panira ng moment tong Bata'ng Kumag na to.

**"Ikaw na masaya."** Inis na sabi ko.

**"S-sorry na... Hindi lang ako sanay ng malungkot ka."** Sabi nya habang nakangiti sakin.

Sabagay, kahit ako din. Hindi na rin ako sanay ng malungkot ako. Lagi kasi'ng masaya tong mga Ulupong na at syempre nakakahawa.

Pero kahit wala nama'ng connection yung sinabi ni Ci-N sa mga sinabi ko. Nagawa pa rin nun na pagaanin ang loob ko.

**"Anu palang nangyari sa lakad mo?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"A-anu... A-ayus lang."** Sagot nya sakin habang umiiwas ng tingin.

Bigla kong naalala yung nangyari kanina. Napangiti nalang ako ng di-oras. Hindi ko alam kung aasarin ko ba sya tungkol dun o ililihim ko muna.

**"Ahhh..."** Sabi ko habang nag-nod.

Napatingin ako sa dala nya na binaba nya kanina bago tumabi sakin. Dalawa'ng EcoBag at isang paper bag.

**"Anu to?"** Tanung ko at binuksan yung isa sa EcoBag.

*Chibog!*

Dami pagkain! Mukang nag-grocery ang luko. Sunod kong binuksan yung paper bag. Magazine ang laman nun, kumuha ako ng isa at tinignan.

*Condo unit? Penthouse? Apartment?*

Anu to? Parang brochure ng mga pwedeng tirhan. May estimated price din sa bawat dulo ng page.

**"Bakit may ganito ka?"** Tanung ko kay Ci na kasalukuya'ng nagbibihis.

**"Bigay ni Ate sakin... Mamili na daw ako. Ikukuha daw nya ko."**

**"Ha? Ikukuha? Bakit?"** Taka kong tanung.

Seryoso lang yung itsura nya habang tinitignan yung hawak ko.

**"Hindi na ko makakauwi samin. Gusto din nila Mama na mag-matured na ko. Eto yung nakikita nila'ng solusyon."** Paliwanag nya.

*WTF?!*

Nakalimutan ata nila'ng 14 years old lang si Ci-N. At anung mag-matured? Malakas ba trip nila sa buhay?

Nakaramdam ako ng lungkot. Akala ko magtatawanan kami at asaran dahil sa nangyari kanina. Pero mukang bad news ang uwi nya.

**"Anu'ng balak mo?"**

**"Ewan ko, pero parang mas maganda na rin yun. Wala namang bago dahil parang mag-isa lang naman talaga ko samin dati. Except sa maraming katulong na pwede kong utusan at pagtripan."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ako yung nahihirapan sa sitwasyon nya. Ang bata nya pa para maranasan to. At ang bata nya pa para ihiwalay ng tirahan.

**"...may favor sana ako sayo Jay."** Sabi nya.

**"Anu yun?"** Mabilis kong sagot.

Kahit dito man lang matulungan ko sya.

**"Mag-apply ka naman sana'ng katulong ko."** Sabi nya at ngumiti ng nakaloko.

*Ay putik!*

Panira talaga ang luko'ng to. Kumuha ako ng unan at agad na hinampas sa kanya. Akala ko kung anu'ng sasabihin.

**"Joke lang yun!"** Sabi nya.

**"Para kasing ewan... Panira ka ng moment."** Binaba ko yung unan at tumabi sa kanya. **"...Kelan ka lilipat? May kasama ka ba dun?"**

**"Atat lang?! Pwede'ng mamili muna ko ng titirhan?!"** Sabi nya habang pinandidilatan ako ng mata.

Natawa nalang ako bigla sa itsura nya. Minsan questionable din ang kasarian nitong si Ci. Kundi lang dahil sa nakita ko kanina, baka inisip ko na kagaya na rin sya nila Mayo at Kit.

May kumatok sa pinto ng kwarto. Bumukas yun at sumilip si Tita Gema.

**"Jay... Tara na. Hapunan na."** Aya nya samin at ngumiti.

Bigla nalang tumayo si Ci at nagtatakbo palabas. Natawa nalang si Tita sa ginawa nya.

**"Ikaw Jay?"**

**"Sunod po ako."** Sabi ko at ngumiti.

Nag-nod naman si Tita at umalis na. Meron kasi ako'ng gagawin bago magtatakbo papunta sa dining.

Kinuha ko yung cellphone ko. Dinial ko yung number ni David at hinintay na sagutin nya yung tawag.

**["*Jay?*"]** Sabi nya pagsagot ng tawag.

**"Pwede ba kong humingi ng pabor sayo?"** Tanung ko.

**["*About what? Can we talk about it in personal?*"]**

**"Wala ng time eh... Pakisabi lang sana kay----"**

**["*Pupuntahan kita. Where are you?*"]** Pagpipilit nya.

**"Wag na! Please David... Pasabi nalang sa kanya."**

Dinig ko ang pag-buntong hininga nya.

**["*Anu'ng gusto mong ipasabi?*"]**

Napahawak ako sa kwintas ko. **"Sabihin mo to sa kanya... '*Kung wala kang balak ipakilala sakin kung sino ka talaga. Wag ka na'ng magpapakita o magpaparamdam pa*'."**

**["*Makakarating.*"]** Sagot nya sakin at pinatay na ang tawag.

Mas mabuti na to. Lalu lang ako'ng naguguluhan sa ginagawa nya. Halata nama'ng ayaw nya'ng aminin kung anu'ng pakay nya sakin at kung sino ba talaga sya.

*Nakakasama lang ng loob.*

++++++++++++++++++++++++++++

***David's POV***

**["*...I can't blame her.*"]** Percy said.

**"Muntik na nya'ng sabihin ang pangalan mo sa phone. Buti nalang at naunahan ko sya."**

**["*It doesn't matter to me. What i care about is Jay-jay. Mas gusto ko pa nga kung makarating kay Keifer na meron kami'ng communication.*"]** Halata sa boses nya ang pagkainis.

**"Yeah... Pero kapag nakarating kay Keifer yun, hindi na nya ko papalapitin kay Jay-jay."**

**["*I know... I know.*"]**

**"Just get back here as soon as you can."** I said and ended up the call.

I don't know what exactly happen to Jay-jay and why she said that. Pero alam kong may ginawa si Keifer kaya bigla nya'ng sinabi yun.

Kagabi lang, halos magmaka-awa sya sakin na tawagan si Percy tapos ngayon ayaw na nya'ng makausap pa.

*Percy...*

Gusto ko ng tapusin ang contract ko sa kanya. Sana lang bumalik na sya.

+++++++++++++++++++++++++++++++

***Percy's POV***

Gusto'ng gusto ko ng bumalik. I want to see Jay-jay and explain everything to her.

**"Sir."** Someone called me.

I just look at him boredly.

**"...Your Mom is waiting for you."**

*Kelan ba matatapos to?*

Tumayo na ko at naglakad papunta sa office nila. It's not that far, but it feels like internity just to reach there door.

**"Son."** Tawag nya sakin pagbukas ko ng pinto.

As i expected andito na rin si Tito Jasfher.

**"Pwede na po ba kong bumalik?"** Bungad ko sa kanya before i kiss her cheek.

**"You know that you can't, right?"** Tito Jasfher answer.

*Damn it!*

I just nod shortly. Hinintay ko muna'ng matapos ang pinag-uusapan nila.

I stand near the glass window. Kita'ng kita ko ang mga kotse at tao sa baba. Para silang mga laruan at langgam mula dito sa kinatatayuan ko.

**"Percy... What did your doctor told you?"** Mom suddenly ask.

**"Same old, same old."** I answer boredly.

**"Binigyan ka ba nya ng bagong gamot?"** Tito Jasfher ask.

**"Nope... Maganda naman daw po kasi respond ng body ko sa unang gamot na binigay nya."**

**"Sabihin mo agad kapag nakaramdam ka ulit ng kirot sa spine mo."**

I force a smile and nod. Stupid spine! Bakit ba hindi sya marunong maki-sama? Kung kelan akala ko okay na ko at makakalapit na ko sa kanya, sa ka naman babalik ang sakit.

Kinailangan pa naming pumunta dito para lang sa therapy at operation.

*That accident.*

Binago nun ang buhay ko. Literal na binago. Pinatay nun si Percy Rey Collins pero isinilang naman si Percy Rey Mariano. *Which is stupid!*

Nilayo ako sa mga kaibigan ko, sa pamilya ko, sa girlfriend ko at sa dating buhay na meron ako. Kapalit ng mga bagay na yon ang meron ako ngayon.

I blame no one to that accident. Hindi kasalanan ni Aries, he's spacing out that time. Traumatized by the kidnapping incident.

**"Percy! Let's go!"** Mom called me.

Sumunod naman ako sa kanila. Habang naglalakad, nakahawak pa si Mom sa braso ni Tito Jasfher. Things na ginagawa lang nila sa labas ng bahay.

*To show people that they are couples.*

Pagpasok sa elevator, sinabayan kami ng isa sa mga secretary ni Mom. May inabot sya'ng sobre kay Tito Jasfher.

I know what is that for. Nangangati yung palad kong agawin yung sobre. Alam ko namang ibibigay din nya sakin yun pero hindi na ko makapag-hintay.

Nakarating kami sa basement parking. Pagsakay sa kotse----*ang pinaka-aasam ko.*

Ibinigay din sakin ni Tito yung sobre.

**"Finally..."** Sabi ko.

Binuksan ko yun at tinignan ang laman. Picture yun, picture ni Jay-jay.

**"Anu'ng update kay Jay-jay?"** Tito Jasfher ask.

Walang bago, papasok sa school. Naglalakad kasama nung bata'ng Ci-N. Uuwi sa bahay ng may dalang pagkain.

I suddenly stop when i saw something new.

**"This one..."** I started and handed the picture. **"...She visit someone in Benedict Hospital."**

**"Does it indicate who it is?"** He ask while staring at the picture.

**"No."**

Mom started to laugh at us. **"Both of you look like a stalker."**

**"Can you blame me? I'm her Dad."** He asnwer sound guilty.

**"I'm just excited to see my stepsister."** I answer.

Yes, i am excited. How i wish Jay-jay is excited to see her stepbrother too.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 143

**Sunday Morning**

***Jay-jay's POV***

**"...Nag-sisimba ka pala?"** Bungad ko kay Ci-N paglabas nya ng banyo.

**"Minsan lang talaga. May nag-aya lang kasi sakin ngayon."** Sagot nya.

*Ayyyiieeehhhh...*

Kilala ko na. Hindi na kailangan pang sagutin. *Rakki San Diego* lang naman ang pangalan.

Napatingin ako sa Cellphone ko ng marinig kong tumunog yun.

*Yuri Calling...*

Lumabas muna ko ng kwarto. Ayoko'ng ipaalam dito kay Ci-N na tumatawag si Yuri. Baka kung anu'ng isipin nya.

**"Hello?"** Halos pabulong kong sagot.

**["*Busy ka?*"]** Bungad nya.

**"H-hindi naman... Bakit?"**

**["*Simba tayo.*"]** Aya nya.

Napatingin ako sa pinto ng kwarto. **"A-anu... K-kasi..."**

**["*Great! Sunduin kita in 20 minutes*"]** Sabi nya at biglang pinatay yung tawag.

*Bastusan?!*

Tropa talaga sila ni Keifer eh. Parehong pinapatay agad yung tawag. Panu ko magsisimba? Kaylangan makaalis na tong isa bago ko mag-ayos.

Pumasok ako sa kwarto at agad na naupo sa kama. Kuwari wala lang yung tawag.

**"Ayos lang itsura ko?"** Tanung ni Ci.

**"Ayos naman."**

**"Pang-'*That's my Bae*' naba?"** Sabi nya habang nagpapa-pogi.

**"Sisimba kaba o magf-fashion show?"**

Kamot batok sya'ng ngumuso. **"Sisimba."**

**"Lumayas kana! Okay na yang itsura mo!"** Inis na sabi ko.

*Umalis kana!*

Ilang minuto na yung nasasayang sa pakikipag-usap ko sa kanya.

**"Eto na nga... Aalis na nga."** Sabi nya at tsinek yung wallet at cellphone nya.

Naglakad na sya palapit ng pinto. Akala ko lalabas na sya pero humarap na naman sya sakin.

**"Sure kang okay lang?"** Tanung nya.

**"OO NA! GWAPO KANA!"** Sigaw ko ay ngumiti naman sya ng nakakaluko.

**"I know you'll say that."** Sabi nya sabay kindat.

Binato ko naman sya ng unan. Agad nga lang sya'ng nakalabas bago pa tumama sa kanya yun.

Paglabas nya, bahagya kong binuksan yung pinto ng kwarto ko at pinakinggan sya. Narinig kong nagpaalam na sya kay Tita Gema at Tito Julz.

*Nakaalis na yan!*

Agad akong tumakbo papasok ng banyo. Mabilisang ligo ang ginawa ko. Pati sa pagbibihis, mabilisan lang.

Pants at tshirt lang ang sinuot ko. Nagmamadali na kasi ako at hindi ko naman alam kung anu'ng dapat suotin.

Patakbo akong lumabas ng kwarto ko at dumiretso sa Sala. Si Tita Gema ang sumalubong sakin.

**"Jay... Saan ang lakad?"**

**"Sa... Sa... Sa... Mag-sim----"**

**"Ma'am, may tao po sa labas, hinihintay si Miss Jay-jay."** Putol nung maid sa sasabihin ko.

*Si Yuri!*

**"Sino daw----"**

**"Alis na ko Tita!"** Sigaw ko at mabilis na tumakbo palabas.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin ni Tita. Paglabas ko ng gate, napahinto ako. Nahiya yung suot ko sa porma ni Yuri.

Naka-semi formal sya, ako eto casual lang. Magbihis kaya muna ko?

**"Jay!"** Tawag nya sakin ng makita nya ko. **"...Tara na?"**

Tinignan ko yung suot ko at suot nya. Parang nakakahiya.

**"Magbihis lang ako."** Sabi ko at akmang papasok na sa loob pero hinawakan nya ko sa braso.

**"It's okay... You look perfect for me."** Sabay ngiti sakin.

Hindi na ko nagsalita. Lumapit sya sa kotse nya at binuksan ang pinto. Ginayak nya kong makasakay.

*Oh daba?! Gentlemen!*

Hindi kagaya nung isa. Napaka---*Haaaaiiiizt!* Wag syang isipin! Masama!

Agad na pinaandar ni Yuri ang kotse pagsakay nya. Akala ko kung saan nya ko dadalhin pero dun lang pala kami sa pinaka-malapit na simbahan.

*Sana hindi dito nagsimba si Ci-N.*

**"Dito tayo magsisimba?"** Tanung ko habang pinag-mamasdan yung simbahan.

**"Oo naman... Ayaw mo ba?"** Tanung nya habang pinaparada ang kotse.

**"Hindi naman... Expected ko kasi kay Buddha."**

Napataas ang isang kilay nya.

**"...Kasi diba Japanese ka? Buddhism ang Japan?"** Dagdag ko.

Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas. Napahampas na rin sya sa manibela ng kotse.

**"Anung taon kaba pinanganak? 21st century na po Lola, kalat na po ang katoliko sa mundo."** Sabi nya habang kinakausap ako na parang matanda'ng mahirap umintindi.

Napasibangot ako. **"Malay ko ba."**

Napailing nalang sya. Binuksan na nya yung pinto ng kotse at lumabas. Ganun na din ang ginawa ko.

Hinintay nya kong makalabas ng maayos at sabay kaming naglakad papasok sa simbahan.

Medyo marami ng tao. Sinubukan kong ilibot yung mata ko para hanapin si Ci-N o kaya si Rakki. Kayalang sa dami ng tao, hindi ko sila makita o makilala.

Bigla nalang hinawakan ni Yuri ang kamay ko at hinatak ako. **"Dito tayo."**

Sa bandang gitna kami pumwesto sa dulo ng mahabang upuan.

**"Okay na?"** Tanung ko na pinagtaka nya. **"...Okay na diba? Baka pwede mo ng bitawan ang kamay ko."**

*Luko'ng to!*

Nakaupo na kami't lahat lahat nakahawak pa rin sa kamay ko. Nawili naman ata sya.

Tinignan nya yung kamay namin. Kala ko bibitaw na sya, pero ngumiti lang sya sakin at hinigpitan ang hawak sa kamay ko.

**"Hoy. Bibitaw ka o bibitaw ka?"**

**"Pagbigyan mo na ko."** Paki-usap nya sabay pout.

Umiling ako. **"Wag kang gumanyan hindi bagay sayo."**

Nilapit nya pa ang muka nya sakin. Kala ko kung anu'ng gagawin nya. Bigla nalang sya'ng nag-puppy eyes at nag-pout pa.

**"Hindi ba bagay?"** Sabi nya.

Tatawa na sana ako dahil sa itsura nya pero may naunang tumawa sakin. Napatingin ako sa isang grupo ng kakabaihan na nakatingin samin at pasimple'ng nagtatawanan.

*Ay... Close tayo mga Teh?*

Bigla'ng umayos ng upo si Yuri at tumingin sa harap. Bigla din sya'ng sumeryoso at binitawan ako.

**"Kakahiya... Kasalanan mo to Jay-jay."** Sabi nya sakin.

*Ay wow!*

**"Bakit nga ba kasi."** Sabi ko habang natatawa.

Lalung dumami ang tao sa loob ng simbahan. Bigla'ng nagkaroon ng malakas na feedback sa speaker. May nagsalita at nag-umpisa na ang misa.

Habang nakikinig sa sinasabi ng pari, hindi ko maiwasan na hindi mapatingin sa grupo ng kababaihan na pinagtawanan si Yuri kanina.

Panay kasi ang tingin nila samin----mas tama ata'ng sabihin na kay Yuri lang. Magbubulungan sila at maghahagikgikan.

Yung totoo? Misa ba talaga pinunta nyo dito?

Bahagya kong siniko si Yuri para kuhanin ang atensyon nya.

**"Bakit?"** Bulong nya sakin.

**"Meron kang fans club."** Sagot ko sa kanya at bahagya'ng nginuso yung grupo ng kababaihan.

Mukang nakuha naman nya yun agad dahil tinignan din nya.

**"Wag mong pansinin."** Sabi nya.

Sinunod ko ang sinabi nya. Kayalang may pagkakataon talaga na mabilis kang mabu-bwisit dahil sa kinikilos ng iba.

Ako naman ngayon ang pinag-iinitan nila. Panu ko nalaman? Titignan nila ko mula ulo hanggang paa tapos tatawa.

*Aba!*

Badtrip! Nasa simbahan pa man din kami ngayon. *Lowd patawad! Pagka't akoy makasalanan... Makasalanang nilalang..*

Agad kong hinawakan yung kamay ni Yuri. Holding hands ma'men! Medyo nagulat pa sya sakin pero hinayaan nalang nya.

Akala ko titigil na ang mga luka pero eto't pinagbubulungan na naman kami. Anu ba tong mga to? Hindi tuloy ako makapag-concentrate sa misa.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...May problema ba?"**

Sinenyasan ko sya'ng ilapit ang muka sakin. Ginawa naman nya at agad ako'ng bumulong.

**"Tumingin ka dun sa fans club mo tapos tumawa ka."** Utos ko.

**"Bakit?"**

**"Basta gawin mo."** Pagpipilit ko.

Nagpilit ng tawa ang luko at titingin sa kanila. Kayalang may taglay ata'ng kalandian tong si Yuri bigla nalang humagikgik dahilan para pagtinginan kami ng katapat at katabi namin sa upuan.

**"Umayos ka."** Bulong ko ulit sa kanya.

**"Sorry... Hindi ko mapigilan."**

Busit to! Dapat pala hindi ko nalang talaga pansinin. Nakakahiya tuloy kami. *Kainis!*

Pinilit kong iwasan at wag pansinin yung kabilang grupo. Hangang sa dumating yung oras ng pag-subo ng ostiya.

Nakipila na kami at kung talaga'ng mamalasin ka nga naman. Dalawa ang naging pila, sa kabilang side namin tinapatan pa talaga kami ng grupo ng kababaihan.

*Naman talaga!*

Panay ang pagpapa-cute nila kay Yuri. Eto nama'ng isa, palibhasa nasa likod ko hindi ko makita kung nagpapa-cute din ba.

Bigla nalang ako'ng nawalan ng gana. Bwisit kasi! Umalis ako sa pila at hinayaan si Yuri mag-isa dun. Ang wala'ng hiya naman, hindi sumunod.

*Ayoko sana'ng mag-mura! Nasa simbahan kami.*

T.I. nalang! Kainis!

May ilang minuto akong naghintay sa kinauupuan namin. Akala ko hindi na matatapos ang paghihintay ko. Dumating ang Yuri at agad na lumapit sakin.

Lumuhod muna sya sandali at nagdasal. Pagkatapos, naupo na sya ulit sa tabi ko.

Bigla nalang nya hinawakan ang panga ko. **"Say ahh."**

*Hm?*

**"Sige na... Open your mouth."** Pagpipilit nya.

Kahit nagtataka, ginawa ko naman. Nagulat nalang ako ng bigla nya kong sinubuam ng ostiya.

**"Para sakin talaga yan, pero naisip kong ibigay nalang sayo."** Sabi nya at ngumiti.

*Yung wala na kong nasabi.*

Namangha nalang ako ng wala sa oras.  Pero bawal ibigay sa iba yung ostya'ng inabot sayo.  Yari tong Yuri na to pagnagkataon.

Nawala na sa isipan ko yung grupo ng mga babae kanina. Hanggang sa tuluyan ng natapos ang misa.

Hinawakan nya ang kamay ko at naglakad kami palabas ng simbahan.

**"Saan mo gusto'ng magpunta?"** Tanung nya sakin.

**"K-kahit saan."**

**"Sure ka?"**

Tipid na tango lang ang naisagot ko sa kanya. Wala ako'ng ideya sa mga maganda'ng pasyalan ng ganto'ng araw.

**"Kahit sa motel?"**

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Tinignan din kami ng ilang matanda na dumaan sa harap namin.

Malakas na hampas agad ang binigay ko sa kanya. **"Sira ulo ka!"**

**"Joke lang! Tahimik mo kasi."**

**"Sisipain kita! Ikaw na mag-isip. Mukang mamaya pa naman uuwi si Ci-N."**

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Tinignan din nya yung oras sa relo nya.

**"Mag-luto nalang tayo."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 144

**Sundate**

***Jay-jay's POV***

**"...Fried chicken?"** Tanung ko.

**"Legs!"** Sagot ni Yuri.

**"Pareho tayo... Kailangan paba ng flavoring mix?"**

**"Siguro... Kuha na rin tayo."** Sabi nya at dumampot ng isang pakete ng chicken mix.

Kasalukuyan kami'ng nasa supermarket. Napagdesisyunan nami'ng magluto nalang. Nakakatamad kasi'ng mamasyal sa ibang lugar. Tapos makikita ko lang yung kagaya ng grupo ng mga babae kanina. *Naku!*

Naghahanap kami ng mga pwede pang bilhin bukod sa lulutuin namin.

**"Snacks? Kuha tayo?"** Tanung nya habang nakaturo sa mga churchirya.

**"Sige... Sige..."**

Lumapit naman kami sa area ng mga junkfoods at kumuha ng kumuha. Para kami'ng mag-boyfriend sa ginagawa namin. Nakakatuwa din pala yung ganito.

**"Pwede na to! Tara na sa cashier!"**

Dahil maaga pa, hindi naging problema samin ang pila. Kaunti pa lang kasi yung tao. Muka ngang kami pa nitong si Yuri ang nauna.

Habang hinihintay matapos yung babae sa pag-punch nung mga binili namin. Napatingin ako dun sa 3kg na chicken legs na binili namin.

*Saan pala kami magluluto?*

Kinalabit ko si Yuri na kasalukuya'ng hinihintay matapos yung babae.

**"Saan pala tayo magluluto?"** Tanung ko sa kanya.

**"Sa bahay namin... Hindi naman pwede sa inyo. Baka mag-away lang kami ni Aries."**

May point sya dun. Baka magka-initan lang sila'ng dalawa. Mahirap na, masaya'ng lang tong binili namin.

Natapos ang ginagawa nung babae at nagbayad na si Yuri. Wala ako'ng contribution kundi yung pagtuturo ng bibilhin.

Sa parking agad kami dumiretso kung nasan ang kotse nya. Sinakay nya sa passenger seat yung mga binili namin.

**"Tara na... Let's cook our lunch."** Sabi nya at pina-andar na ang kotse.

Tahimik lang kami sa buong byahe, pero nakikita sya na papangiti ng walang dahilan.

*Naaning na ata!*

**"Hoy! Napapano ka?"** Tawag ko sa kanya.

**"Ha?"**

**"Ngumingiti ka mag-isa."**

**"Ay hahaha... Sorry. Nae-excite lang kasi ako."**

Napangiwi nalang ako. Baliw na tong Yuri na to! Baka may tama na pala sa utak ang wala'ng hiya hindi ko pa alam. Ayoko pa nama'ng magpakasal sa baliw.

Nakarating kami sa mamahaling gusali nila. Sa basement na naman ang parking nya. Paghinto, napatingin ako sa mga kotse'ng nakaparada. Naalala ko yung *MGA* kotse nung Hari.

*Anu kaya'ng ginagawa nya ngayon?*

STOP! Wag mo sya'ng isipin Jay! Si Yuri ang kasama mo ngayon. Sa kanya dapat ang focus mo. Very wrong!

Bumaba agad ako sa kotse at kinuha yung mga punamili namin pero inagaw ni Yuri yun.

**"Ako na..."**

**"Hati nalang tayo."** Sabi ko at pilit kinuha yung isang plastic na malaki sa kanya.

**"Ako nalang. Kaya ko naman."** Pilit nya.

Hinayaan ko nalang, hindi na ko nakipagtalo. Ang hirap ding kausap nito eh. Sya'ng sya nung tropa nya.

Naglakad na kami papunta sa elevator. Pagsara ng pinto, may bigla nalang ako'ng naalala.

Kusa nalang tumaas ang kamay ko at malakas na hampas sa batok ang binigay ko kay Yuri.

**"Aray! Bakit?!"** Gulat na tanung nya.

**"Kingina mo! Alam ko na ibig sabihin ng '*baka*'! Kelan ko nalang naintindihan!"** Inis na sabi ko.

Narinig ko kasi si Calix minsan na sinabihan ng ganun si Felix. Bigla kong naalala na ganun din yung sinabi sakin ni Yuri nung aksidente kong tamaan ang anu nya---basta yun!---at nung dalhin din nya ko sa kanila.

Tinanung si Calix at pinaliwanag naman nya kung anu yun.

**"A-anu?! Anu'ng *baka*?!"**

**"Sinabihan mo ko nun dati! Nung umuulan at nadulas tayo sa putik tapos tinamaan ko yung... Yung... Yung... Basta yung anu mo!"** Paliwanag ko.

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Mukang naalala naman nya agad.

Napahimas sya ng batok, sabay yuko.

**"K-kasi... Anu... Mainit ulo ko nun eh. Sorry."** Sabi nya sabay pilit ng ngiti.

*Lukong to!*

Atleast ngayon alam ko na. Kaya kapag sinabihan nya pa ko ng ganun, makakatikim na talaga sya sakin.

**"Baka! Baka! Baka!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang naging seryoso ang muka nya. Mukang napikon na sa sinabi ko.

**"Jay-jay..."** Panimula nya. **"...*Aishiteru.*"**

*Ha? Anu daw?!*

Inambaan ko agad sya ng suntok. **"Ini-insulto mo ba ko?!"**

Bigla nalang sya'ng natawa. *Ay wala na to!* Nabaliw na ng tuluyan ang luko. Nagtatanung ako ng maayos tapos tatawanan lang nya ko. Baka may something na to sa utak.

**"I'll teach you few Japanese word."** Sabi nya.

**"Bakit?"**

**"Baka kasi kapag dinala na kita sa Japan, awayin mo nalang bigla mga tao dun."** Paliwanag nya.

May point naman sya dun. Baka mamaya inaalok lang pala ako ng pagkain tapos inaway ko na.

**"Sige... Sige..."**

**"Alright... Let's start with greetings."** Sabi nya at humarap sakin. **"...*Konnichiwa* means good day ."**

*Aahhh... Konnichiwa.*

**"Konnichiwa..."** Sabi ko.

**"*Konbanwa* means Good Evening."**

Ang dali lang pala nito. Akala ko naman mahihirapan ako. Kasi dati ang bilis-bilis magsalita nitong si Yuri. May kausap sya sa phone tapos salita'ng alien ang gamit nya.

**"Panu yung '*Thank you*'?"** Tanung ko.

**"*Arigatou Gozaimasu...*"**

(N/A: Gozaimasu pronounce as gozaimas)

Bigla nalang bumukas yung elevator. Hindi ko na namalayan dahil ginagaya ko yung sinabi nya, kayalang hindi ko naintindihan.

**"Anu? Aribato nilamas?!"**

Bigla nalang sya'ng huminto at napatingin sakin. Sakto namang pagtingin ko sa labas, andun pala yung mga maids nila Yuri.

*Ay!*

Ang lakas pa man din ng pagkakasabi ko. Nakatingin silang lahat sakin at para bang iniisip kung anu yung sinabi ko.

Nakagat ko nalang yung ibabang labi ko at agad na naglakad palapit kay Yuri. Nagtago din ako sa likod nya.

*Kahiya!*

Bahagya'ng umubo si Yuri para agawin ang atensyon nila. Binati naman nila sya agad.

**"Remove your shoes... Dun tayo sa kitchen."** Sabi nya sakin.

Ginawa ko naman yung sinabi nya. Nakayuko pa rin akong naglalakad. Kakahiya kasi!

Hindi ko na napansin kung saan kami papunta. Hanggang sa nakarating kami sa kusina nila. Modern na yung dating nung kitchen nila. Except sa kahoy pa rin yung sahig at Japanese style pa rin yung mga gamit.

**"Ikaw sa chicken, ako na sa pasta."** Sabi nya pagkababa ng mga pinamili namin.

Magluluto daw kasi sya ng spaghetti. Walang may birthday, feel lang talaga nya magluto.

Meron sya'ng kinuha sandali sa maliit na drawer malapit sa kanya. Lumapit sya sakin at nagulat nalang ako ng suotan nya ko ng apron.

**"Para hindi ka madumihan."** Sabi nya.

Pilit na tango lang sinagot ko sa kanya. May ganito pa, samin nga nakasando lang ako dati kapag magluluto. Minsa nga muka pa kong basahan eh.

Habang nagp-prepare, inuulit-ulit ko yung Japanese ng '*Thank you*'. Para hindi na ko magkamali at baka may makarinig na naman nung sasabihin ko.

**"Ariga-to... Go-go-go..."** Bulong ko.

**"*Arigatou Gozaimasu...*"** Pagtatama ni Yuri.

**"Arigato Golaymas."** Sabi ko at bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas.

*Pffttt... Kainis!*

Kala ko madali mahirap pala. Badtrip men! Ayoko na nga, ginagawa lang ako'ng katatawanan nitong isa.

**"Ayoko na nga... Pinagtatawanan mo ko."** Inis na sabi ko.

**"Ganito kasi..."** Bigla nalang nya'ng hinawakan ang baba ko at hinarap ang muka ko sa kanya. **"...follow my lips."**

Kahit nagtataka, ginawa ko pa rin.

**"*A-ri-ga-tou.*"** sabi nya at sunod naman ako.

**"A-ri-ga-tou."**

**"*Go-zai-masu.*"**

**"Go-zai----"** hindi ko na natapos ang sasabihin ko.

*Hala sya!*

Nakadikit na kasi ang labi nya sa labi ko. Sinamantala ng wala'ng hiya ang ginagawa namin.

Ako naman si *ewan*, hindi man lang sya bawalan. Natameme na ko at hindi nalagalaw. *Nice!*

Kakaiba din tong isa na to. Nanakawan ka nalang ng halik bigla. Hanep yan! Itataon pa talaga na may ginagawa kami ah.

Bahagya sya'ng humiwalay at tinignan ako. Ngumiti pa sya sakin at pinunasan ng hinlalaki nya yung labi ko.

**"I'll teach you again next time. But now, let's continue cooking."** Sabi nya at binalikan yung niluluto nya.

Ako tong para'ng tanga na bumalik sa ginagawa ko, kahit sa totoo lang blangko yung isip ko. Nabigla yata ako sa ginawa nitong si Yuri.

Hindi rin normal yung heartbeat ko. Bushet! Anu ba to? Bakit na naman ba ko nagkakaganito? Hindi ko alam kung gano ako katagal na ganito.

Natapos ang pagluluto ko, pero si Yuri hindi pa. Nag-uumpisa na kong mainip.

**"Matagal pa?"** Bored na tanung ko.

**"Kaunti'ng tiis nalang po."** Sagot nya sakin.

Habang hinihintay maluto yung sauce ng spaghetti niligpit na ni Yuri yung mga ibang kinalat namin.

Nahiya naman ako kaya tumulong na ko. Nakiligpit-ligpit na rin ako. Tinapon ko na rin sa basurahan yung ibang mga kalat.

Habang nagliligpit, hindi ko napansin yung ibang mga gamit. Bigla nalang ako'ng nahiwa sa gilid ng palad.

**"Aahhh..."** Sigaw ko at agad na hinawakan ang kamay ko.

Napatingin ako dun sa nahawakan ko. *Pakshit!* May kutsilyo pala sa tabi. Agad namang lumapit sakin si Yuri para alalayan ako.

**"Blood... Tsk!"** Sabi ni Yuri.

Awtomatiko nalang na nanginig ang buong katawan. Para ako'ng binuhusan ng malamig na tubig. Ramdam na ramdam ko yung pag-agos ng dugo mula sa sugat papunta sa kabila'ng kamay ko.

*Tang'na! Ngayon pa talaga.*

**"Hold still... Kukuha lang ako----"**

**"WAG!"** Sigaw ko dahilan para mapatigil sya. **"...Wag! W-wag kang aalis!"**

Madiin ang ang hawak ko sa sugat. Hindi ako makatingin, natatakot ako. Baka bigla nalang maulit ulit. Naipikit ko nalang yung mata ko.

**"K-kukuha lang ako ng gamit..."**

**"Please... Y-yuri. Wag kang umalis."** Pagpipilit ko.

Dinig ko yung pagtilas nya ng paper towel. Dahan-dahan nya'ng nilagay yun sa kamay ko.

Kahit nakapikit, naramdaman ko yung pagpatak ng luha ko.

**"Sssshhhh... It's okay. Don't cry."** Sabi ni Yuri habang pinupunasan ang luha ko. **"...maliit na sugat lang yan. Malayo sa bituka."**

Totoo, maliit lang. Malayo sa bituka. Pero hindi ko maiwasan na hindi matakot. Panu kung mangyari ulit yun? Panu kung mawala na naman ako sa sarili at manakit?

Sya lang ang nasa harap ko ngayon, ayoko sya'ng saktan.

*Wag naman sana...*

**"N-natatakot ako... A-ayaw kita'ng masaktan."** Bulong ko.

Alam kong nagtaka si Yuri dahil sa pagtahimik nya.

**"O-okay lang... Bakit ako masasaktan? Ikaw tong nasugatan."**

**"Please... Y-yuri. Tawagan mo si Keifer."** Paki-usap ko.

Alam kong mali. Mali'ng mali dahil si Yuri ang kaharap ko. Pero si Keifer ang nakaka-alam ng sitwasyon ko.

Alam kong hindi sya kumikilos.

**"I'm here Jay... W-why do you i need to call Keifer?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 145

**Mentally Ill**

***Jay-jay's POV***

**"...Mababaw lang naman po yung sugat. Hindi na po kailangang tahiin pero siniguro ko po na nakasara na yung sugat para hindi na dumugo."** Paliwanag ng maid sakin.

*Sorry Yuri!*

Hindi nya tinawagan si Keifer pero tumawag sya ng mga maid na tutulong sakin. Nakaka-guilty tuloy, badtrip!

**"S-salamat po."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti sa kanila.

Ngumiti din naman sila sakin. **"Pakihintay nalang po si Young Master dito."** Sabi pa nila at umalis na.

Naiwan akong mag-isa sa parang mini clinic nila. Nakatanga at nanlalambot. Tinignan ko yung apron ko na may dugo na.

*Wala na...*

Hindi ko maintindihan kung bakit nangyayari lang yun sa sariwang dugo.

Anu ba talaga'ng mali sakin?

May bahagya'ng kumatok sa pinto kaya napatingin ako dun. Si Yuri, malungkot ang mga mata nya.

Nahihiya ako sa kanya. Dapat hindi ko na sinabi na tawagan nya si Keifer.

**"Okay na sugat mo?"** Tanung nya at lumapit sakin.

Tipid na tango ang sinagot ko sa kanya. Napayuko din ako dahil sa hiya.

**"S-sorry... Hindi ko dapat sinabi yung kanina."**

Nanguha sya ng bangko at naupo sa harap ko. Hinawakan din nya yung dalawang kamay ko.

**"Okay lang... Pero sana ipaliwanag mo naman sakin yung nangyari kanina. Pakiramdam ko wala ako'ng alam sayo."**

Napa-kagat ako sa ibabang labi ko. Kasalanan ko to. Noon pa dapat ako nagsabi sa kanya. Panu nalang kung kasal na kami at wala pa rin sya'ng alam.

**"May alam ka naman tungkol sakin... Hindi nga lang lahat. Natatakot kasi ako'ng sabihin sayo---sa inyo. Kasi kahit ako hindi ko maintindihan yung nangyayari sakin."** Paliwanag ko.

**"Hindi naman masama'ng magsabi. Anu'ng malay mo, baka kaya kita'ng tulungan na alamin yun."**

*Tama sya...*

Matagal ko ng inaalam sa sarili ko kung anu to pero wala naman ako'ng napapala. Baka nga matulungan nya ko.

**"Yuri kasi..."** Panimula ko at huminga ng malalim. **"...m-may mali sakin."**

Tinignan nya ko sa mga mata at hinintay ang sasabihin ko.

**"K-kapag nakakita ako ng dugo, may kakaibang nangyayari sakin. Nung una akala ko, phobia lang sa dugo pero nung tumagal... iba na."**

**"...Nawawalan ako ng malay sa pagkakatanda ko. Pero sabi nila kumikilos ako, gumagalaw at... Nagsisimula'ng manakit ng iba."** Pag-tutuloy ko.

Kita ko ang interes ni Yuri sa pakikinig sa sinasabi ko. Ayoko na sana'ng mag-salita pero alam kong dapat ko na tong sabihin sa kanya.

**"...K-kahit anu'ng pilit ko, hindi ko matandaan na nanakit ako ng ganun. Wala'ng kahit anu..."** Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko ng hindi ko namamalayan. **"...Hindi ko alam kung saan ko nakuha yun. Basta nag-simula'ng mangyari yun nung kidnapin kami ng Tatay ni Aries, nasundan pa nung mag-away kami ni Cyrus at yung huli... Yung kay Ram."**

**"P-pero sabi ni Keifer, pinatulungan nyo daw si Ram."** Sabi ni Yuri.

Umiling ako. **"Yun ang usapan namin na sasabihin namin sa inyo. Pero alam ni Kuya Angelo at Aries yung nangyari. Sinabi nya at nagbabasakali na may alam sila... pero wala."**

**"Alam ni Keifer? Kaya ba gusto mong tawagan ko sya?"**

Nag-nod ako bilang sagot. Pinagmasdan ni Yuri yung kamay ko'ng may sugat. Tumahimik din sya at para'ng nag-isip.

**"K-kung ayaw mo na sakin dahil dun----"**

**"No. No. Don't say that."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...I love you Jay. No matter what happen or what you do i will and still love you."**

**"Pero panu kung----"**

**"Don't think anything. Wag na wag kang mag-iisip ng kahit anu... Please."**

Napilitan akong mag-nod sa kanya. Pero sa totoo lang, maraming naglalaro sa isip ko.

Panu kung maulit yun at saktan ko sya? Anu'ng gagawin ko?

Tumayo sya at lumapit sakin. Hinawakan nya yung baba ko at bahagya'ng tinaas para makaharap sa kanya.

**"We will figure this one out. You trust me, do you?"** Tanung nya.

Tipid na tango ang sinagot ko.

Ngumiti sya sakin. **"Now, can i kiss you?"**

*A-anu?*

Hindi na ko nakasagot. Kuwari pa sya'ng nanghingi ng pirmiso, eh palapit na yung labi nya sakin. Ayos din to eh!

Wala naman ako'ng dahilan para tumanggi. Pinikit ko nalang ang mata ko. Hinintay na dumampi sakin ang labi nya.

Walang gumagalaw, kulang nalang pati paghinga namin pigilin ko na. Aaminin ko, ayoko'ng matapos ang oras. Hindi ko alam kung bakit pero ang alam ko lang, komportable ako sa tabi ni Yuri.

May ilang segundo ding nakadikit ang labi nya sakin hanggang sa unti-unti nya'ng galawin yun.

*Hala sya! Teka lang...*

Sinubukan kong humiwalay sa halik nya pero hinawakan nya agad yun batok ko. Napahawak nalang ako sa dibdib nya pero kahit yun hindi rin sya napigilan.

*Anak nang...*

Wala ako'ng nagawa kundi ang tumugon sa mga halik na yun. Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Kahit hindi marahas ang halik nya sakin, may bahagi ko ang nagsasabing tumigil ako.

Hindi sila pareho ni Keifer----syempre dahil magkaibang tao sila. Pero kung tutuusin mababaw lang humalik si Yuri. Matamis, gentle at puno ng feelings. Bagay na hindi ko maramdaman kay Keifer.

*Pero bakit yung halik pa rin nya yung naiisip ko?*

Lakas loob kong hiniwalay ang labi ko sa kanya. Naghabol kagad ako ng hangin at napayuko.

**"Bakit?"** Tanung ni Yuri.

**"S-sorry..."**

**"Hindi ka komportable? Nabigla ba kita? Ayaw mo ba ng ganito?"** Sunod-sunod nya'ng tanung.

Umiling kagad ako. Ayokong mag-isip sya ng ganun. Hindi naman sa ayaw ko.

**"W-wala... Meron lang ako'ng naalala."** Sagot ko.

Kagad nya kong niyakap. **"Mali siguro yung timing ko. Sorry."**

Bago pa man ako makapagsalita para sagutin sya. Natigilan ako, napatingin sa banda'ng pinto dahil sa isang bata'ng babae. Naka-full bangs at saksakan ng puti.

*Multo?!*

**"Why are you eating Yuri-san face?"** Tanung nya sakin.

Agad na humiwalay si Yuri at gulat na tumingin dun sa bata.

**"Yoichi!"** Sigaw ni Yuri.

Agad namang tumakbo yung bata'ng Yoichi palabas ng mini clinic. *Teka lang!* Yoichi? Kapatid ni Yuri!

**"Ang kulit talaga..."** Komento ni Yuri at humarap sya sakin. **"...pupuntahan ko muna si Yoichi. Makakapunta ka na siguro sa kwarto ko mag-isa diba?"**

**"O-oo..."** *Yata.*

Ngumiti naman sakin si Yuri at agad na pinuntahan si Yoichi. Naiwan akong nakatanga sa kawalan.

Eto yung tama, si Yuri na dapat dahil pumayag ako'ng magpakasal sa kanya.  Pero may bahagi ko pa rin na nagsasabi ng mali.

Kapag si Keifer ang kasama ko, buong isip ko ang kumokontra at nagsusumigaw ng mali. Pero ayaw makisama ng katawan ko.

*Napapano ba ko?!*

Anu bang gagawin ko? Naguguluhan ako. Sobra!

Huminga ako ng malalim at naglakad na papunta sa kwarto ni Yuri. Hindi ako sigurado sa dinadaanan ko. Naaalala ko pa yung ibang daan pero hindi lahat.

*Basta may hagdan pataas!*

Dahil yun lang ang naalala ko, lahat ata ng makita kong hagdan inakyatan ko. Nakaka-apat na hagdan na ko ng makita ko yung tama'ng daan papunta sa kwarto ni Yuri.

*Success!*

Wala nama'ng pinagbago ang kwarto nya. Except dun sa kurtina na dating naka-sara. Nakabukas na ngayon at kita'ng kita yung malaking balkonahe nya.

Pagkakataon ko ng ilibot yung sarili ko sa kwarto nya. Hindi ko nagawa dati, kasi nga sinusungitan nya ko.

Lumapit ako sa study table nya. Napatingin ako sa mga picture frame. Mga picture lang nya at ng pamilya nya. Meron ding class picture nila ng mga Section E.

*Last Year siguro to!*

Tumingin pa ko at yung mga libro agad ang umagaw sa pansin ko. Ang sipag mag-aral eh! May internet naman pero nagta-tyaga sa libro ang luko.

Bigla nalang may pumasok sa kwarto. Akala ko si Yuri pero yung mga maid lang pala nila. Dala nila yung niluto namin ni Yuri. Nagdala na rin sila ng pitchel na may juice at mga utensils.

*Makakain paba ko nito?*

Binaba nila yun sa coffee table malapit sa glass door ng balcony ng kwarto.

Ng matapos sila, humarap sila sakin at yumuko bago tuluya'ng umalis at iwan ako.

Bakit feeling ako ayaw sakin ng mga maid nila Yuri?

**"Hey..."** Tawag ni Yuri sakin na kasalukuya'ng nakatayo sa pinto.
**"...Nainip kaba?"**

**"Hindi naman. Nakita mo si Yoichi?"**

**"Oo... Nasa kwarto na sya."** Sagot nya sakin.

Nag-nod lang ako. Naging tahimik kami pareho. Napapaiwas nalang kami pareho ng tingin at ang awkward nito.

*Pffttt...*

**"G-gusto mo ng kumain?"** Tanung nya sakin sabay turo sa mga pagkain.

**"Sige..."**

Agad naman sya'ng lumapit sa coffee table at naghain ng pagkain. Ako naman bumalik sa study table nya. Naningin din ako sa bookshelf nya.

Isang libro ang umagaw ng pansin ko. *Photo Album.* Ang nakalagay kahit hugis at kakulay ng luma'ng libro.

**"Pwede kong tignan to?"** Tanung ko kay Yuri.

**"Sige lang..."**

Kinuha ko yung libro at muka'ng design lang yung cover. Pagbukas, puro picture talaga.

*Taray ng photo album na to!*

Naupo ako sa tabi ni Yuri at binuksan yun sa harap nya. Picture ni Yuri nung bata sya yung bumungad sakin.

**"Hahahaha.. ikaw to?"** Tanung ko habang nakaturo dun sa bata'ng umiiyak.

**"Don't look at that. Skip!"** Utos nya.

Kayalang natatawa kasi ako itsura nya. Muka'ng napikon sya dun at sya na naglipat ng pahina hanggang sa gitna ng album.

**"Epal... Tinitignan ko eh."**

**"Makikita mo lang yung mga kahihiyan ko."** Sabi nya.

Wala naman ako'ng nagawa kundi tignan yung part na binuksan nya. Picture nya yun banda'ng elementary.

Nilipat ko yun at bumungad sakin ang picture nila ni Keifer, Percy at.... Aries.

Muka silang masaya sa Picture except syempre kay Keifer na seryoso yung muka. Nakangiti din si Aries habang naka-akbay sa kanya si Percy.

Tinignan ko pa yung iba. Merong nagb-bike sila Yuri at Aries, naka-angkas naman sila Keifer at Percy sa likod nila.

Meron din na naka-school uniform sila. Karamihan sila'ng apat na nakangiti at halata'ng masaya. May nakita pa kong naka-pang-sakristan sila.

**"Nag-serve kayo sa simbahan?"** Tanung ko.

**"Oo, pinasok kami ni Angelo sa pagsa-sakristan. Baka daw tumino na kami."** Paliwanag nya habang kumakain.

**"Anu'ng nangyari?"**

**"Pina-alis din kami agad. Panu sinuntok ni Keifer yung sakristan mayor."**

*Pffftttt hahahaha...*

**"Sira ulo talaga."**

Tumingin pa ko ng picture. Meron ako'ng nakita na naka-uniform ng basketball si Aries. Ang alam ko nga naglalaro sya dati pero huminto sya sa hindi ki alam na dahilan.

Meron din si Percy at Keifer na naka-suot ng baseball uniform.

*Teka lang...*

Naalala ko si Keifer nung binato nila ko ng bola sa gym. Yung paraan nya ng pagbato, kaya pala ganun.

Nilipat ko yung pahina. Isang picture lang ang nakalagay dun. Nag-iisa at natatangi.

Hawak ni Percy yung camera o cellphone. Nasa loob sila ng sasakyan at mukang nakapatong sa harap malapit sa manibela yung ginamit panguha.

Si Aries ang nagmamaneho. Tulog si Keifer at tanging si Yuri at Percy lang ang nakatingin sa camera. Pero hindi sila nakangiti.

Ang bigat sa pakiramdam ng picture na to.

**"Yan ang huling picture namin na magkakasama."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 146

**Author's Note:** Alam ko marami magagalit dito...

## Frustration

***Jay-jay's POV***

Ayoko'ng magtanong. Ayoko kahit gusto ko. Ang gulo pero ayoko talaga.

Ayokong buksan yung topic ng aksidente. Kahit kati'ng kati na kong malaman yung totoo.

Alam ko na yung ilang part pero yung kabuuan. As in buo!

*Ako na intrimitida!*

**"Andito na tayo..."** Sabi nya at hininto ang kotse sa harap ng bahay namin. **"...susunduin ba kita bukas?"**

**"Wag na siguro... Sabay kami ni Ci-N. Hindi pa rin nya alam."** Paliwanag ko.

**"Ahh... Ok. Maybe next time."**

Ngumiti nalang ako sa kanya. Bubuksan ko na sana yung pinto ng kotse pero bigla nya kong hinawakan sa braso.

**"Teka lang..."** Sabi nya.

**"Bakit?"** Tanung ko.

Bigla nalang sya ngumuso at pumikit. Napataas nalang ang isang kilay ko.

**"Gusto mo'ng humalik sa kamao ko?"** Tanung ko at bigla nalang nya ko'ng tinignan ng masama.

**"Isa lang!"** Inis na sabi nya.

**"Nakakarami kana kaya!"**

**"Bumabawi lang ako."**

*Bumabawi?!*

**"Anu namang binabawi mo?"** Taka kong tanung sa kanya.

**"K-kasi... Si Keifer, marami'ng beses ka ng nahahalikan pero ako... Ilang beses pa lang."** Paliwanag nya.

Nakaramdam agad ako ng inis sa sinabi nya. Ang dating kasi sakin, nakikipag-paligsahan sya.

**"Anu'ng ibig mong sabihin dun?"** Seryoso'ng tanung ko.

**"W-wala naman... Na-iinggit lang ako."** Parang bata nya'ng sagot.

**"Parang kang bata... Tsaka hindi paligsahan to!"** Inis na sabi ko.

**"Sorry..."**

**"Oh! Nang matahimik ka!"** Alok ko habang naka-amba ng yakap.

Agad naman sya'ng ngumiti at yumakap sakin. Sinulit naman ng luko, medyo matagal bago sya humiwalay sakin.

Binuksan ko yung pinto ng kotse at bumaba na. Hinintay ko muna sya'ng maka-alis bago ako lumapit sa gate namin.

Isang hakbang nalang sana nasa loob na ko pero panibagong sasakyan ang huminto sa harap namin.

*Sino to?!*

Bumakas ang pinto ng kotse at galit na nakatingin sakin si.....*Keifer.*

**"B-bakit andi----"**

Bigla nalang nya kong hinawakan sa braso at kinaladkad palapit sa kotse nya.

**"Sakay!"** Utos nya.

Nakatayo lang ako sa harap ng kotse. Tumingin ako sa gate namin na nakabukas at sa kanya.

Kung tatakbo ako papasok, baka hindi nya ko maabutan. Hindi naman sya makakapasok sa loob ng bahay dahil andun si Aries at si Kuya Angelo.

**"Wag mo ng balakin pa..."** Dinig kong sabi ni Keifer.

Ganun ba ko ka-obvious? Pati yun na-realize nya.

*Ikaw na!*

Sibangot ako'ng sumakay ng kotse nya'ng----iba na naman! Sumakay din sya agad, bago pa man din umandar kumapit na ko sa pwedeng kapitan.

Hayop kasi nagmaneho ang luko. Feeling talaga nya Car Racer sya. Kamusta naman kaya ako'ng pasahero nya?

Habang patuloy sa pagmamaneho, pinagmamasdan ko sya. Salubong na naman ang kilay nya at parang ginalit ng mundo.

**"S-saan tayo pupunta?"** Tanung ko.

Hindi sya sumagot. Kumanan, kumaliwa at diretso lang ang byahe namin.

Napatingin ako sa langit. Palubog na yung araw, baka nag-aalala na sakin sila Kuya.

Kinuha ko yung cellphone sa bulsa ng pants ko. Magt-text na sana ako kay Ci-N at Kuya pero bigla nalang kinuha ni Keifer yung phone ko at binato sa harap ng manibela.

**"Magpapa-alam ako kay Kuya!"** Inis na sabi ko.

Hindi sya sumagot diretso lang ang tingin nya sa daan. Cross arm ako'ng napasandal sa sobrang inis. Ang lakas na naman ng sapi nya!

*Asar!*

Matagal ang byahe. Gano katagal? Hindi ko alam, basta ang alam ko madilim na ang langit. Sobra'ng dilim at mas madilim pa tong pinuntahan namin.

*Hindi kaya may balak sakin to?!*

Nasa gilid kami ng daan. Wala'ng kabahayan o kahit anu'ng ilaw. Pakiramdam ko nasa bagong gawang subdivision kami dahil sa nadaanan naming gate kanina.

**"Asan ba tayo?"** Tanung ko.

**"Anu'ng ginawa nyo ni Yuri?"** Mahinahon nya'ng tanung pero bakas sa boses nya ang galit.

*Lagot!*

**"N-nagsimba."** Alanganin kong sagot.

**"Anu pa?"**

**"Nag-grocery at nagluto."**

**"What else?"**

Nag-uumpisa na kong makaramdam ng takot sa ginagawa nya. Wala ako'ng balak sabihin lahat. Baka magalit na naman sya ng kagaya dati. Ayoko yata nun.

**"N-nag-kwentuhan at naningin ng picture."**

**"What else?"**

**"Wala na!"**

**"What. Else."** Madiin nyang sabi.

Napalunok nalang ako. Anu na naman ba kasing problema nya?

**"W-wala na... Meron pa ba dapat?"**

Tinignan nya kong diretso sa mata. Ayan na naman yung takot ko, nakikipag-unahan sa tapang ko.

**"Don't lie to me."** Sabi nya.

Napatingin nalang ako sa ibang direksyon at huminga ng malalim.

*Kingina naman kasi!*

**"N-n-nag-kiss----"**

Hindi ko natatapos ang sasabihin ko. Bigla nalang sya'ng lumabas ng kotse at halos ibalibag nya ang pagsara ng pinto. Pakiramdam ko nayanig yung kotse sa ginawa nya.

Nakatayo lang sya at nakatingin sa kung saan. Nakatalikod sya sakin at kita'ng kita ko ang makailang beses nya'ng pagsuklay sa buhok nya.

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Sobrang dilim sa labas at tanging ilaw lang ng kotse ang nagiging liwanag namin.

Napilitan ako'ng lumabas ng kotse. Bahagya ako'ng lumakad palapit sa kanya pero napahinto ako ng bahagya sya'ng lumingon sakin.

**"Keifer..."**

**"Why are you doing this to me?"** Tanung nya sakin.

Parang may kung anu'ng sumuntok sa puso ko ng makita ko yung mga mata nya. Nakakapang-lambot, at parang naging ibang tao sya.

**"...You're mine. Only mine. Everything about you is mine."**

*Tama na!*

**"No... I'm not. Hindi ako gamit Kiefer. Hindi mo ko pagmamay-ari."** Mahinahon kong sabi.

Kailangan ng ihinto to. Dapat tumigil na sya o kami.

**"Why? Because you like Yuri?"**

*Tumigil kana! Tama na!*

**"Oo. Kaya nga tinanggap ko yung alok nyang kasal."** Diretsong sabi ko sa kanya.

Bahagya sya'ng lumapit sakin. Tinignan nya ko ng tuwid sa mga mata.

**"Liar."**

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya.

**"...You can't lie----"**

**"I'm not."** Singit ko.

**"-----to me."**

**"Totoo yung sinasabi ko."** Pagdidiin ko.

**"And yet you responded to my kiss that night."** Mapait nya'ng sabi.

Don't open that topic! Ayoko ng maalala yun.

**"...You responded to my touch and you moan my name. Tapos sasabihin mo, gusto mo si Yuri? Eh ako? Ano ako sayo?"**

Hindi! Ayoko'ng pag-usapan yun! Pagkakamali lang yun.

**"...You almost give yourself to me! Sige nga! HOW COME THAT YURI IS THE ONE YOU LIKE?!"** Galit na dagdag nya.

Hindi ko na napigilan pang umiyak. Sunod sunod na bumagsak ang mga luha ko.

**"OO NA! HINDI AKO SIGURADO SA NARARAMDAMAN KO! PERO ALAM KONG IYON YUNG TAMA! SI YURI NA DAPAT! PAGKAKAMALI LANG NA MUNTIK NA KONG BUMIGAY SAYO!"** Galit na sabi ko.

**"You choose Yuri. Why?! Because of that FVCKING ENGAGEMENT?!"**

**"HINDI!"**

**"THEN WHY?!"**

Pinunasan ko muna yung mga luha ko at ilang beses din ako'ng naghabol ng hangin.

Sobrang bigat ng dibdib ko. Hindi ko alam na aabot pa kami sa ganito.

**"Kasi yun yung tama... Hindi ko kaya'ng isipin o makita na masasaktan ulit si Yuri sa pareho'ng dahilan."** Napasandal nalang ako sa kotse sa panlalambot ng tuhod. **"...Kaya kahit hindi ako sigurado, tinanggap ko. Gusto kong maranasan nya'ng maging masaya."**

**"So you chose to sacrifice your feelings?"** Mahinahon nya'ng tanung.

Hindi ako sumagot. Napaupo nalang ako sa sahig habang patuloy sa pagpunas ng luha ko.

**"Ha! Si Yuri na naman!"** Sabi nya dahilan para mapatingin ako sa kanya. **"...The 'oh so genius kid'. The good boy, the heir of Hanamitchi. Yuri who love and care by a lot of people"**

Bahagya sya'ng naglakad palayo at tumingin sa langit. Kita'ng kita ko yung frustration nya sa bawat kilos na ginagawa nya.

**"...Why is it about him again?! Lagi nalang ba?! Nung akala naming patay si Percy, sya ang unang inalala nila samin! Pero ako?! Anu?! NOTHING! Wala man lang nagtanong kung okay ako. Lahat nalang sa kanya! And now, even the woman that i love?!"** Galit na sigaw nya.

Hindi ko maintindihan yung sinasabi nya. May sama ba sya ng loob kay Yuri? Pinilit kong tumayo habang nakatingin sa kanya.

Pero lalu akong nanlambot ng makita kong umiiyak sya.

*Keifer...*

**"...Me! Who don't have a mother by my side, a father who will guide me and i'm taking care of my siblings for fvcking so long! Wala man lang nag-tanung kung okay ako!"**

Parang dinudurog yung puso ko. Hindi ko kaya'ng makita sya ng ganito. Iba'ng iba sya sa Keifer na nakilala ko.

*Tama na... Nasasaktan ako!*

**"...Pero sya na may galos, halos isugod nila sa ospital! Kulang nalang sambahin sya ng lahat."** Dagdag nya pa.

Hindi ko na hinintay na mag-salita pa sya. Agad ako'ng lumapit at niyakap sya ng mahigpit. Kasabay din non ang pagbagsak na naman ng mga luha ko.

**"Tama na! Please..."** Paki-usap ko.

**"Wag naman pati ikaw! Jay-jay!"** Sabi nya at yumakap din ng mahigpit sakin. **"Please..."**

Mali to! Mali'ng mali! Pero hindi ko din pala kaya'ng itama. Lagi kong sinasabi na dapat tumigil na kami pero pano ko gagawin yun.

*Pano....*

Pano? Lalu na kung masasaktan kami pareho.

Ayokong magbitiw ng salita. Ayokong mangako. Dahil baka nga totoo yung sinabi nila Ci-N, promise are meant to be broken.

Pero sa sitwasyon namin ngayon....

**"Hindi... Hindi ako."** Sabi ko at naramdaman ko ang paghinga nya ng malalim.

**"I can't lose you..."** Sabi nya.

Napapikit nalang ako. Wala na kong paki kung mali pa rin ba to. Handa ako'ng itama to sa kahit anu'ng paraan.

**"I love you so much Jay..."**

Kumapit ako ng mahigpit sa damit nya. Kakaiba sa pakiramdam kapag naririnig ko sa kanya yun pero mas kakaiba pala sa pakiramdam kapag nasabi ko'ng....

**"Mahal din kita Keifer."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 147

**I love... Me?**

***Jay-jay's POV***

Marami ako'ng kinatatakutan. Sobra'ng dami hindi ko na mabilang. Pero nagagawa ko'ng harapin yung mga yun.

Parang ngayon kaharap ko yung kinatatakutan ko.

*Si Kuya Angelo...*

**"Yuri said hinatid ka daw nya ng 5:38pm dito."** Sabi nya habang naka-cross arm.

**"5:38pm ba yun? Parang mga 6 something na yun eh."** Sabi ko, kuwaring patay malisya sa gusto nya'ng iparating.

Napataas ang isang kilay nya habang nakatingin sakin. Ako naman tong umiwas. Alangan namang makipag-sabayan ako ng titig sa kanya.

12am na ko nakauwi, medyo matagal pa kasi kaming nag-drama. Umiyak, nag-usap at....*you know*----nag-ano.... nag-usap ulit.

Akala ko pag-uwi ko tulog na sila. Yun pala hinihintay ako ni Kuya Angelo. Hindi na ko nakapag-dahilan kasi pala tinawagan na nya si Yuri.

**"Saan ka galing?"** Mahinahon nyang tanung.

*Signal #1!*

**"D-Dyan lang..."** Sagot ko.

**"Saan yung dyan lang?!"** Tumaas na yung tono ng boses nya.

*Signal #2!*

Saan nga ba yung 'dyan lang'? Wala naman ako'ng alam na lugar na bukas ng ganito'ng oras. Except dun sa mini mart na binibilan ko.

**"Sa may Mini Mart."**

Huminga ng malalim si Kuya at napahawak sa sintido nya.

**"Galing dun si Aries... Bakit hindi kayo nagkita?!"**

*Signal #3!*

Patay! Nagpupunta pala ng Mini Mart ang isang yun? At ngayon pa talaga nya naisipan. *Wew!*

**"Tinaguan ko sya."** Mabilis kong sagot.

*Wow! Ganda ng dahilan mo Jay.*

Agad akong tinignan ng masama ni Kuya. Alam ko naman na kuha nya'ng nagsisinungaling ako. Pero anung malay, baka makalusot.

**"Mahirap bang sabihin kung saan ka galing?!"** Galit na tanung nya.

*Signal #4!*

Ayan na ang delubyo! Yari ako nito.

**"...Tignan mo nga yung oras?! Uwi ba ng matinong babae yan?!"**

Nakayuko lang ako habang kinakagalitan nya. Alam ko naman yun pero kasalanan kasi talaga nung Hari ng mga Ulupong.

Yung pwede ko lang sana sabihin sa kanya yun. Pero syempre....hindi. Baka maging katapusan ko na kapag nalaman nya yung nangyari kanina.

**"Angelo..."** Tawag ng kung sino.

Sabay pa kaming napalingon. Si Tita Gema at naglalakad palapit samin.

**"...Gabi na. Bukas ka nalang manermon. May pasok pa yan."** Utos nya.

**"Maya-maya Ma. Kailangan lang kami'ng magkalinawan nito."** Sabi ni Kuya sabay tingin sakin ng masama.

**"Bukas na nga..."** Pagpipilit ni Tita. Tinignan nya ko at sinenyasan na lumapit sa kanya. **"...Tara na. Yaan mo na yang si Kuya mo."**

Agad naman akong lumapit kay Tita. Hindi ko na tinignan si Kuya dahil alam kong tutunawin lang ako ng titig nya.

Hinatid ako ni Tita hanggang sa harap ng kwarto ko.

**"Matulog na... Bukas nalang tayo mag-usap-usap."** Sabi nya sakin at naglakad na paalis.

Dahan-dahan kong binuksan yung pinto ng kwarto, alam ko kasing tulog na si Ci-N. Hindi naman ako nagkamali dahil ang lakas ng hilik nya.

Pagpasok ko sa loob bigla nalang tumunog yung phone ko.

*King Ulupong Calling...*

Sinagot ko yun pagsara ko ng pinto.

**"Hello..."**

**["*Kinagalitan ka?*"]**

**"Hmmm... Oo pero bukas nalang daw kami mag-usap."**

**["*Sasabihin na ba natin?*"]**

Taka ako'ng napatingin sa cellphone bago idikit ulit sa tenga ko.

**"Sasabihin ang alin?"**

**["*Na buntis kana, at tayong dalawa ang magpapasakal.*"]** Sabi nya at bigla nalang tumawa sa kabilang linya.

*Ang lakas talaga ng tama nya sa utak!*

**"Umayos ka nga!"** Sigaw ko.

Agad kong tinakpan yung bibig ko. Nawala sa isip ko na natutulog na pala si Ci-N.

**"...parang sira. Matulog ka na nga."**

**["*Hindi pa ko pwedeng matulog. I have many things to do.*"]**

**"Anu naman yun?"**

**["*Secret... I have to go. Wag kang mag-wet dream tungkol sakin.*"]**

*Tang'na! Gago talaga ang wala'ng hiya'ng to!*

**"Ang kapal mo!"** Sigaw ko na naman.

Wala na ko'ng paki kung magising si Ci-N. Binubwisit kasi talaga ko ng isang to!

Malakas na tawa lang naman ang sinasagot nya sakin. Para'ng mali pa ata na umamin ako sa kanya.

**["*Sige... Good night my life. I love you to infinity and beyond.*"]**

Bigla nalang ako'ng nanigas dahil sa sinabi nya. Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko.

*Kinikilig ba ko?! Kingina!*

**"Good night din and i love...."** Napatigil ako ng makita kong naka-dilat si Ci at nakatingin sakin. **"...Me."**

Agad kong pinatay yung tawag ng hindi na hinihintay yung sasabihin nung Hari. Binaba ko yung phone sa kama at patay malisyang dumiretso sa cabinet ko para kumuha ng pamalet.

**"Sige deadma-hin mo ko."** Sabi ni Ci-N sakin.

**"G-gising ka pala?"**

**"Ay hindi... Tulog ako. Natutulog ako'ng nakadilat eh."** Pamimilosopo nya.

Tinignan ko lang sya ng masama. Luko'ng to! Nagawa pa'ng mamilosopo.

**"Sino yun?"** Tanung nya.

Agad akong tumingin sa apat na sulok ng kwarto at umarte'ng may hinahanap.

**"Ang alin? Saan? May nakikita kaba?"** Sabi ko habang patuloy sa paghahanap.

Alam ko naman kung sino'ng tinutukoy nya. Baka lang sakaling makalusot. Ayokong sabihin at alam kong hindi pa natatapos na gabi na to kalat na sa buong bayan yung malalaman nya.

**"Ituloy mo yan... Pagkakalat kong may boyfriend kana."** Banta nya.

*Hindi ko boyfriend yun!*

**"Pagkalat mo..."** Mayabang kong sabi.

**"Sino kasi yun?"** Pangungulit nya.

**"Wala nga... Wala lang yun."**

Bigla nalang sya'ng tumayo at akmang kukuhanin yung phone ko sa kama. Agad ako'ng nagtatakbo at muntik pa kong madapa maunahan lang sya.

**"Bakit ayaw mong ipakita?!"** Inis na sabi nya.

**"Bakit ba?! Matulog kana nga!"** Sigaw ko.

**"Sabihin mo na----"**

**"KUNG AYAW NYONG MATULOG MAGPATULOG KAYO!"** Sigaw ng kung sino.

Malamang si Aries yun, dahil kwarto nya yung pinaka-malapit sakin.

Napilitan kami'ng magsenyasan nitong si Ci-N. Pinandidilatan ko sya ng mata at ganun din sya sakin.

Goodluck nalang kung anu'ng oras kami matapos dito.

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Keifer's POV***

*I love me?*

Hirap ba sya'ng magsabi ng '*I love You*' at yun ang nasabi nya?

Anyways, it doesn't matter. I heard her saying it once at wala ng bawian yun. She's officially mine.

Pero hindi yun ang inaalala ko. Other important things.

**"Asan si Keiren?!"** I ask everybody.

Bukas lahat ng ilaw sa bahay. Gising pa ang mga maid at butler namin. Alam kong may nangyari'ng hindi maganda.

**"Kuya..."** Tawag sakin ni Keigan.

Nakatago si Keiren sa likod nya. He suddenly run toward me and hug me tightly. Umiiyak sya.

**"It's okay... Kuya is here."** I said hugging him back.

**"Saan ka ba nagpunta? Alam mong umuwi na ng pinas si Dad pero pinili mo pa ring umalis ng bahay."** Keigan said.

Hindi ko sya sinagot. I look at everybody, they look exhausted.

**"Everybody can go to sleep now. Thank you so much for protecting my brother."** I said to them.

They all bowed at me and walk away. One of the butler stop in front of me.

**"Nagpadagdag na rin po kami ng security for your brother."** Sabi nya.

I smile and nod to him. Hinayaan ko na sila'ng makaalis lahat. Naiwan kami'ng tatlo. Keigan looking furious at me.

**"What happen?"** I ask calmly.

**"Dad went here! Kinukuha nya si Keiren! Buti nalang at marami kami dito!"** He said.

Tinignan ko si Keiren na patuloy sa pag-iyak.

**"Ayoko'ng sumama sa kanya."**

I shook my head. **"No... Hindi ka nya makukuha. Hanga't nandito kami ni Kuya Keigan mo."**

I carry him and walk upstairs. Nakasunod naman samin si Keigan.

*Damn it!*

Hindi ko alam na babalik na sila agad. Nagpadagdag na sana ako ng security kung alam ko lang.

Pare-pareho kami'ng minor dito sa bahay. Nasa batas pa rin na kailangan nasa puder ng magulang or kamag-anak ang bata.

Si Keiren talaga ang inuna nya dahil sya ang pinaka-bata saming tatlo. Pero hindi ako papayag.

Dumiretso ako sa kwarto ni Keiren at inihiga sya sa kama nya. Nakatulog na sya sa mga braso ko.

Paglabas ng kwarto si Keigan agad ang hinarap ko.

**"Did he said anything?"** I ask.

**"Nothing. What are your plans now?"**

**"Malapit na kong mag-18... I almost have your and Keiren's legal rights."** I said and walk.

Keigan follows me immediately.

**"So, hihintayin lang natin yang birthday mo? Ganun ba? Kuya! Baka nakuha na nila si Keiren kapag dumating yang araw na yan!"** He said angrily.

Stop walking and look at him straight in the eye.

**"No... It will never happen."** Seryoso ko'ng sagot sa kanya.

**"Sana nga matupad mo yang sinasabi mo."**

Naiintindihan ko si Keigan. Sino nama'ng Kuya ang papayag na mapunta ang kapatid nya na masamang kamay.

Mabilis ako'ng naglakad papunta sa office na katabi lang ng kwarto ko. Kinuha ko lahat ng papers na kailangan ko. Including copy of ny Mom's last will and testament.

Kailangan kong pag-aralan ang bawat nakalagay dito at katapat na batas nito. I need to fight back ligally.

Hindi pwedeng mapunta si Keiren sa kanya. Tapos ano? Gagawin din nila yung ginawa nila kay Keigan? And yet until now, wala pa rin ako'ng alam sa ginawa nila sa kanya.

I also get my phone and call my lawyer.

**"Good evening Mr. Ryder, sorry for disturbing you. I just need to talk to you about something.... About my legal rights."**

I'll surely become busy for this week. Mawawalan ako ng time sa school at sa maraming bagay. I just hope na walang mangyari'ng hindi maganda habang wala ako.

Wala pa man din pero naiisip ko na si Jay-jay. Sana lang mabantayan sya ng maayos ng buong section e.

Her words keep running in my mind. I can't help but smile.

*I love me...*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 148

**How**

***Jay-jay's POV***

**"*Yaaawwwwwnnnnn....*"** Hikab ni Ci-N habang naglalakad. **"...inaantok pa ko."**

**"Ako din... Kasalanan mo to! Ang kulit-kulit mo kasi."** Inis na sabi ko sa kanya.

**"Kung sinabi mo na sana agad sakin kung sino yung ka-'*I love you*'-han mo, edi nakatulog na sana tayo pareho."**

Tinignan ko agad sya ng masama. Ang ingay kasi ng bunganga nya. Kagabi pa kami ganyan, hindi ko alam kung anu oras na kami natulog.

**"Wag ka nga maingay! Kainis to! Kaya ayokong sabihin sayo eh!"**

Inirapan naman nya ko. **"Isumbong kita kay Keifer dyan."**

*Hahahaha... Aydi sumbong mo!*

Tumuloy na kami sa paglalakad. Pagdating sa school, bumungad agad samin yung malaking taurpulin sa harap ng main building.

Schedule yun ng mga event sa school. Malapit na pala ang valentines day. Pero bago yun, gaganapin muna yung retreat namin. Bakit sobra'ng aga ata?

**"Pffttt... Aga ng retreat. Baduy!"** Komento ni Ci at nagtuloy na sa paglalakad.

Sumunod naman ako sa kanya at nakasabay pa namin si Calix na muka'ng kakahatid lang kay Mica sa room nila.

**"Anyare sa mga mata nyo?"** Tanung nya samin.

Agad naman akong tinuro nito'ng bata'ng kumag. **"Kasalanan nya!"**

**"Anu'ng ako?! Kakahiya naman sa kakulitan mo!"**

**"Ikaw kaya!"**

**"Ikaw!"**

**"Ooy! Talaga'ng dito pa kayo mag-aaway?"** Sita samin ni Calix kaya tumigil kami. **"...para kayong ewan."**

Nagtinginan kami ni Ci at nagsenyasan na naman kami. Maka-ilang ulit ko din sya'ng pinandilatan ng mata.

Nauulit na naman yung ginagawa namin kagabi. Nakarating kami sa room, pero bago pa man din ako maka-hakbang papasok huminto na ko sa paglalakad.

**"Bakit?"** Tanung nila sakin.

Umiling lang ako. **"Mauna na kayo... Meron lang ako titignan."**

Nag-nod lang silang pareho sakin at pumasok na. Ang totoo, hindi pa ko handa'ng makita si Yuri. Nahihiya ako sa kanya.

*Sobrang nahihiya...*

Hindi ko alam kung dapat ko na bang sabihin sa kanya yung totoo o anu. Ayoko sya'ng saktan pero ayoko din naman sya'ng paasahin pa.

Pero pananakit na rin kung hindi ko sasabihin sa kanya at paaasin ko sya sa wala. Siguro mas mabuti'ng sabihin ko na sa kanya yung totoo. Pero hindi ko nga lang alam kung pano.

Pag-iisipan ko muna siguro lahat. Ayoko sya'ng biglain. Alam ko namang iisa lang yung resulta nung gagawin ko.

*Masasaktan pa rin sya.*

Pumasok na ko sa loob. Kagaya ng karaniwang sernayo. Nagkakagulo sila, nagkakasatan, nagkukulitan, asaran, deadma-han at kung anu-anu pa.

Naka-upo na si Yuri sa pwesto nya. Ngumiti agad sya sakin ng makita nya ko. Ganun din ang ginawa ko sa kanya.

**"Bakit tumawag sakin si Angelo kagabi?"** Bungad nya sakin.

**"H-ha? A-anu yun... K-kasi..."** Alanganin kong sagot. Halata naman ang paghihintay nya sa sagot ko. **"...h-hindi kasi nya ko nakita agad. Akala nya magkasama pa rin tayo."**

Nag-nod lang naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. *Wew!*

*Panu ko kaya sasabihin?*

Napatingin ako sa upuan nung Hari. As usual, wala pa sya. Malamang mamaya pa yun, sya pa! Daig mga staff ng school sa oras ng pasok nya.

Mas maaga pa nga yung mga staff at teacher eh. Pero hindi ko naman sya masisi, siguro kasi inaasikaso nya pa sila Keigan at Keiren bago sya pumasok.

Ang hindi ko lang maintindihan. Kung panu nya napalayas ang Papa nya sa bahay nila. Ang weird lang, dun lang ako naka-kita or naka-rinig ng anak na pinalayas ang Ama.

*Panu kaya yun?*

Naalala ko din yung mga sinabi nya tungkol kay Yuri. Napatingin tuloy ako sa kanya. Nagbabasa sya ng notes at nagma-mark down ng mahahalaga'ng details sa lesson.

Nagseselos ba sya o naiingit kay Yuri? Kung sabagay naman kasi, buo ang pamilya ni Yuri compare sa kanya.  Naiingit din sya kasi walang umaalala sa kanya pero naiintindihan ko naman kung bakit.

Ang tibay nya kasi tignan, madalas ang inaalala ng tao yung mga mahihina tignan o kaya yung laging nanga-ngailangan ng tulong.

Kaya akala siguro ng marami hindi sya kailangang alalahanin. At yun din ang pumasok sa isip ko.

*Haaay...*

Ang Hari ng mga Ulupong may soft spot din pala.

Dumating na si Sir Alvin. Magsisimula na yung klase. Tumingin ako sa pinto kasi alam kong dadarating na yung kumag.

Ewan ko kung gano na ko katagal na nakatingin dun. Pero ni-anino nya hindi ko makita.

*Asan na yun?*

**"Hindi sya papasok."** Biglang sabi ni Yuri.

Taka ako'ng napatingin sa kanya. **"Ha?"**

**"Hindi papasok si Keifer kung sya yung hinihintay mo. Umuwi na yung Papa nya at malaking problema na naman yung kinakaharap nya."** Paliwanag nya.

Umuwi na? Kelan pa? Wala naman sya'ng sinabi sakin kagabi. *Teka nga!*

**"A-anu nama'ng paki ko dun... Tsaka hindi naman si Keifer ang hinihintay ko."** Pagkaka-ila ko.

Baka kasi mahalata nya ko. Hindi pa ko handa na sabihin sa kanya. Hindi ko pa nga napag-iisipan yung mga tama'ng salita na dapat kong gamitin.

Pero bakit hindi papasok yung kumag? Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mag-alala. *Badtrip naman!*

Natapos ang klase namin kay Sir Alvin at mukang hindi nga sya papasok. Hindi rin sya nagt-text sakin o ano. Kahit sa mga sumunod naming subject wala pa rin.

Sinubukan ko sya'ng itext kayalang wala ako'ng nakuha'ng sagot galing sa kanya.

**"Ang tahimik mo yata..."** Puna sakin nila Eren.

**"Ha?"**

**"Lutang pa."** Dagdag ni Felix kaya tinignan ko sya ng masama.

**"Baka nam-miss lang nyan si Keifer."** Pang-aasar ni Drew sakin at sinundan ng malakas na hiyaw galing sa kanila.

Bahagya akong napatingin kay Yuri na nakatingin lang sa notes nya. Alam kong nakikinig sya.

**"Baka hindi si Keifer ang nam-miss nya."** Singit ni Ci-N. **"...Baka yung ka----"**

**"HEH! ITIKOM MO YANG BIBIG MO!"** Putol ko sa sasabihin nya.

Lahat tuloy sila napatingin sakin dahil sa sigaw ko. Bigla nalang tumingin ng nakaka-luko si Ci-N sakin.

**"Bakit defensive ka?"** Mapang-asar na tanung nya.

**"Ewan ko sayo!"**

**"Naku! Ayaw pa sabihin----"**

**"Ci!"** Sita ko sa kanya.

Nag-uumpisa na kong mainis sa ginagawa nya. Binubuking nya ko sa buong klase. Masama pa nito, andito rin si Yuri. Kapag nalaman nya yun, katapusan na.

Bigla nalang may nag-meow sa banda'ng pinto. Awtomatiko'ng umikot si Ci-N para tignan yun.

*Si Edy!*

Mabilis pa kay Sonic na tumakbo tong Bata'ng kumag palapit sa pusa pero nakalayo na agad.

**"Papatayin kita Edy!"** Sigaw nya.

*Hindi pa rin sya nakaka-move on.*

**"Hindi sabi Edy ang pangalan nya!"** Sigaw ni Josh habang sumusunod kay Ci at dun sa pusa.

Hala! Sige! Maghabulan kayo ng dahil sa pusa. Naalala ko tuloy si Cecilio Susuman. *Meron akong pusa!*

**"Anu ba yung sinasabi ni Ci-N?"** Tanung ni Felix.

**"Wala yun... Nag-aasaran kasi kami sa bahay."**

**"Kamusta pala si Ci-N sa inyo?"** Tanung ni Eren.

**"Ayos lang... Makalat lang."**

**"Tabi kayo'ng matulog?"** Tanung ni Drew.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Bigla nalang bumigat yung pakiramdam ko at may kung anu'ng kakaibang awra ako'ng nararamdaman.

Kahit hindi sya nagsasalita at kuwaring busy sa notes nya. Alam kong si Yuri. Pareho'ng pareho sila ni Keifer.

**"H-hindi... May sariling higaan yun sa sahig."** Mabilis kong sagot at nawala naman yung kakaibang feeling.

**"Pero nakikita ka nya'ng nakahubad?"** Tanung na naman ni Drew.

Malakas na batok ang binigay sa kanya ni Felix. **"Gago ka magtanung."**

**"Ang sakit nun!"** Reklamo ni Drew.

Kung ako lang nasa tabi nya, hindi lang batok ang ibibigay ko sa kanya. Baka suntukin ko pa sya.

Dumating na yung sunod na teacher namin kaya bumalik na sila sa mga upuan nila. Sakto naman ding kababalik ni Josh, bitbit si Ci-N sa kwelyo sa batok.

Tuluyan na talaga'ng hindi pumasok yung Hari. Hindi rin sya sumasagot sa mga text ko.

*Tsk! Asar!*

Hangang sa mag-uwian yun lang yung nasa isip ko. Wala na kong naintindihan sa mga tinuro samin----na hindi na bago sakin----sa kakaisip sa kanya.

Hindi rin ako nakapag-hapunan ng maayos. Pinaglaruan ko lang sa plato ko yung pagkain.

**"Anu'ng problema Jay?"** Tanung sakin ni Ci-N pagbalik namin sa kwarto.

Umiling agad ako. **"Wala lang to."**

**"Sigurado ka? Nakaka-panibago ka kasi."** Sabi nya.

**"Wag mo kong pansinin."** Sagot ko sa kanya.

Agad kong kinuha yung phone ko. At naglakad palabas ng kwarto. Sinubukan ko sya'ng tawagan pero wala'ng sumasagot.

*Anu nang nangyari sayo?*

Naiyak nalang ako sa hindi ko maintindihan na dahilan. Naghahalo yung inis at pag-aalala ko sa kanya.

Panu kung may ginawa na pala sa kanya yung Papa nya na hindi ko alam. O kaya naman nagkakagulo na sila sa kanila.

Kainis! Nakikisali pa yung imagination ko.

**"Okay ka lang ba Jay?"** Tanung ni Kuya.

Sakto naman ang paglabas ni Aries ng kwarto kaya napatingin din sya sakin. Agad kong pinunasan ang luha ko.

**"W-wala... Napuwing lang."**

Nagtinginan pa si Kuya at Aries na parang ayaw tanggapin yung dahilan ko.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Bumalik ako sa kwarto at agad na dumiretso sa c.r. Naglinis na ko ng katawan at nagpalit ng damit.

Ayoko ng mag-isip ng kung anu. Matutulog na ko. Buti nalang at marunong makisama ang katawan ko.

Dala na rin siguro ng pagod, kusa na kong nakatulog. Sa kalagitnaan ng pagpapahinga at ng maganda kong panaginip tungkol sa ice cream island. Isang tawag ang gumising sakin.

*King Ulupong Calling...*

AYOKONG SAGUTIN! Pero napindot ko yung greenbutton. *Badtrip!*

**"Ba----"**

**["*I miss you...*"]** Bungad nya sakin.

*Hala sya!*

Tinignan ko si Ci-N na kasalukuya'ng naghihilik. Baka marinig na naman ako.

**"Anu'ng nangyari sayo? Bakit ngayon ka lang tumawag?"** Tanung ko sa kanya.

Bakit pa ko magpapaligoy-ligoy? Gusto ko ng malaman kung okay sya.

**["*Long story... Ikaw? Kamusta ka? Duma-moves ba si Yuri habang wala ako?*"]**

**"Sira-ulo ka... Nag-aalala ako sayo. Tapos yan pa rin inaalala mo."**

Bahagya syang tumawa. **["*I didn't mean that. Marami lang talaga kong inasikaso, at hindi ko rin alam kung kelan ako makakapasok.*"]**

**"Anu ba yung ginagawa mo?"**

**["*Family problem.*"]**

**"Kahit text hindi mo magawa'ng magpadala?"**

Bigla nalang tumahimik sa kabilang linya. Akala ko namatay na yung tawag kaya tinignan ko pa yung phone ko pero meron pa.

**"Huy... Anyare sayo?"**

**["*Ang cute mo pala kapag ganyan ka.*"]**

*Anu daw?*

**"Ha?"**

**["*Kapag nagtatampo ka. How i wish i can see your face right now.*"]**

**"Sendan kita picture?"** Alok ko habang natatawa.

Nawala bigla yung inis ko sa kanya. Busit yan! Hindi na napanindigan.

**["*Sure... Nude photo please.*"]**

*Ay ulowl!*

**"Kung patayin ko kaya tong tawag na to at wag ka ng kausapin habang buhay."** Inis na sabi ko.

Kung wala lang ako'ng kasama nayon sa kwarto, pinagsisigawan ko na sya.

**["*Hahahaha... I'm just kidding. Pero seriously, anu'ng suot mo ngayon?*"]**

Bahagya kong tinignan yung suot ko. Buti nalang may kaunti'ng liwanag sa Kwarto ko galing sa lamp sa tabi ni Ci.

**"Superman tshirt, bakit?"**

**["*Aahh... Ako kasi boxer lang suot ko. I'm wearing my favorite reindeer boxer.*"]** Pagyayabang nya.

Kainis! Pinaalala pa yun. Binibigyan ako ng ideya ng mokong na to!

**"Ewan ko sayo... Matutulog na nga ako."**

**["*Okay... Good night my life. I hope you'll have a very sweet dreams. I love you to infinity and beyond.*"]**

Kung pwede lang tumili ng malakas. *Kingina! Kingina! Aaaaggghhhh!!*....

**"Good night and sweet dreams din. I love..."** Napatingin ako kay Ci. Nakadilat na sya at nakatingin na naman sakin. **"...Me."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 149

**Father**

***Jay-jay's POV***

Yung ang ganda ng gising ko sa hindi ko maintidihan na dahilan. Mapapakanta nalang...

**"** ***Good morning sa inyo...*** **"** Kanta ko habang naliligo.

*Eh kese nge... Enebe.*

Yack! Hindi bagay sakin. Bakit ba ko biglang naging pabebe? Hayop yan!

Paglabas ng banyo, bumungad sakin ang seryoso'ng muka ni Ci-N habang naka-harap sa phone nya.

Nauna kasi sya'ng maligo sakin. Kaya ngayon nakagayak na sya. At ako naman tong magkukumahog sa pag-aayos.

**"Magpa-tanghali na tayo."** Sabi nya na ipinagtaka ko.

**"Ha? B-bakit naman?"**

**"Delikado."** Yun lang sinagot nya at muling nagpipindot sa phone nya.

*Weird.*

Kinuha ko din yung phone ko. Nagbabaka-sakali na meron akong message. Pero wala ako'ng natanggap kahit isa.

Wala ni-isa galing sa mga Ulupong. Wala ni-isa galing kay Yuri. Wala rin ni-isa galing sa Hari.

Anu'ng meron? Dati may text ako, bumabati ng good morning. Pero ngayon, wala kahit isa.

Binaba ko nalang yung phone ko at nag-ayos.

**"Anung oras tayo papasok?"** Tanung ko kay Ci.

Hindi sya sumagot kaya lalakad na sana ako palapit sa kanya pero bigla nalang may kumatok sa pinto at pumasok yung isa sa maid nila Tita.

**"Miss Jay... Baba na daw po kayo. May gusto daw po'ng kumausap sa inyo."**

Nagkatinginan kami ni Ci-N. Hawak pa rin nya yung cellphone nya.

**"Sino daw po?"** Tanung ko.

**"Ayaw po ipasabi. Basta po sabi ni Sir Angelo, tawagin ko na daw po kayo."**

Nag-nod nalang ako sa maid. Kahit nagtataka kinuha na namin ni Ci yung mga bag namin at lumabas. Dumiretso kami sa sala sa pag-aakala'ng andun sila pero wala.

*Asan yung mga yun?*

Sakto namang dating si Aries. Nakatingin sya samin at parang may hinahanap.

**"Asan sila Mama?"** Tanung nya sakin.

Umiling ako. **"Hinahanap ko din sila."**

Agad na naglakad si Aries papunta sa kusina pero bumalik din sya agad. Mukang wala din sila dun.

**"Jay... May tao ata sa labas nyo."** Sabi ni Ci habang nakaturo sa gate.

Unang lumabas si Aries at sumunod naman kami. Mukang tama nga si Ci, at andito din sila Kuya Angelo at Tita Gema.

Puro kotse'ng itim na sinamahan pa ng mga lalaking naka-black suite. Naka-shades at may kung anu'ng nakapasak sa isang tenga.

*NBI?*

**"Tita..."** Tawag ko kay Tita Gema.

Tinignan nya ko at agad na tinago sa likoran nya. Anu'ng meron? Kahit si Aries nagtataka din.

**"Kayo po ba si Ms. Jasper Jean Mariano, Ci-N Peralta at Michael Aries Fernandez?"** Tanung nung isang lalaki'ng naka-itim na may hawak na papel.

Nagtinginan kami ni Ci-N, pasimple syang sumenyas ng '*wag*' sakin. Naiintindihan ko naman dahil hindi naman namin sila kaki----

**"Oo! Kami nga! Bakit?!"** Sagot ni Aries.

*Ampvta!*

Wala talaga'ng isip minsan tong si Aries. Nalusaw na yata ng pagmamahal nya kay Ella.

**"Pinapatawag po kayo ng Watson Family."** Sabi nung lalaki.

Bigla nalang binuksan nung isang lalaki yung pinto nung kotseng itim. Nanlaki yung mata ni Aries na makita si Ella sa loob nung kotse.

**"Aries!"** Tawag ni Ella na halata ang takot.

Bababa na sana ng kotse si Ella pero hinarangan sya ng isang lalaki. Napatingin ako dun sa ibang kotse. Bumaba ang salamin na bintana nun at sumilip ang tao sa loob.

*Si Eman, Denzel at Felix.*

Pati yung ibang kotse may sakay din at malakas ang kutob kong andun yung ibang Ulupong.

**"Anung kailangan ng Watson Family sa kanila?"** Tanung ni Kuya Angelo.

*Watson Family?*

Sila Keifer yun... Pero bakit?

**"Mahigpit po ang bilin samin na wag ng magbigay ng impormasyon."**

**"Pano kami nakaka-siguro na wala kayo'ng gagawin sa kanila?"** Matapang na tanung ni Tita.

**"Kilalang tao po ang mga Watson, ang pangit na balita karugtong ng pangalan nila ay hindi katanggap-tanggap."**

Bakit pakiramdam ko napaka-taas na tao nila Keifer?

Tinignan ako ni Tita. Bago pa man makapagsalita si Kuya sa amin. Naglakad na papalapit sa kotse si Aries at agad na tumabi kay Ella.

**"Magiging okay din po kami Tita."** Sabi ko at ngumiti sa kanya.

Hinayaan kami nila Kuya na maglakad palapit sa kotse. Sumakay na rin kami ni Ci-N.

Hindi maalis yung takot ko at mga karagdagang tanong tungkol kay Keifer.

Magkakasama kami nila Aries sa kotse. Nakasunod samin yung ibang sasakyan. Tahimik lang kami at panay ang palitan namin ni Ci-N ng tingin.

*Anu bang meron?*

Nakatingin ako sa bintana. Pamilyar pa sakin yung mga nadadaanan namin pero pagtagal-tagal parang napupunta na kami sa malayo'ng lugar.

Pakiramdam ko nasa labas na kami ng syodad.

**"S-saan kaya tayo pupunta?"** Sabi ni Ella.

Yan din ang tanung ko. Sa unang pagkakataon nagkasundo kami sa isang bagay.

**"Sa tunay na bahay nila Keifer."** Seryoso'ng sabi ni Aries.

*Tunay na bahay?*

Bakit? Peke ba yung tinitiran nila Keifer ngayon? Anu yan, brand lang ng damit? May peke at tunay.

Panu naman nya nasabi na dun kami pupunta at panu naman nalaman ng kumag na to yung bahay nila Keifer? Sabagay, tropa-tropa sila dati. Baka nakarating na sya dun.

Hindi ko alam kung gano na katagal ang byahe namin. Panay ang palitan namin ng text ng mga luko. Tama nga ako at mga nasa kasunod na sasakyan lang namin sila.

**"Two hours na tayo'ng bumabyahe."** Sabi ni Ci-N sabay tingin sa relo nya.

Asang lumalop naba kami ng earth? Naiihi na ko sa totoo lang.

Mukang dininig naman ang dalangin ko. Unti-unti'ng bumagal ang takbo. Lumiko sa isang kanto na puro puno ang gilid ng daan. Sobrang lilim at ang daming nagkalat na dahon.

**"Eto na yun..."** Bulong ni Aries.

*Anu'ng eto na?*

Bigla nalang dumamba sa bintana si Ci-N. Muntik pa sya'ng masubsob sakin.

**"Mas malaki pala sa personal!"** Manghang sabi nya.

*Malaki sa personal?*

Tinignan ko din yung tinitignan nya. May bahay na malaki nga, malayo pa kami pero kita'ng kita na yung kalakihan.

Nakatago sya sa likod ng burol, kaya pala hindi ko nakita kanina. Pero pagliko sa kanto pinasukan namin, unti-unti ng masisilip yung isang bahagi ng bahay.

**"Nakita ko na to sa picture dati! Ang ganda nga talaga ng mansyon nila Keifer!"** Dagdag na si Ci-N.

Gusto ko rin sana'ng mamangha. Pero nakakaramdam ako ng panliliit. Sobrang yaman pala nila Keifer.

Paligid palang ng bahay. Napalilibutan ng mga puno at sobrang lawak. Hindi ko makita yung mismong boundery.

Mas lalo kami'ng napapalapit, mas lalong lumalaki yung bahay. Isang tunnel ang tumapos sa view na tinitignan ko.

Nawala sa paningin namin yung bahay. Huminto yung kotse sa tapat ng isang MALAKI'NG GATE!

HUTANG'NA! Napakataas ng gate na to. Parang hindi tao yung nakatira o nasasakupan nito.

*Kapre!---Hindi! Higanti!*

Pagbukas ng gate, umandar na ulit ang kotse. Matatayog na puno at halaman ang nasa gilid ng daan. Para bang merong tinatago sa lugar na to sa dami ng halaman.

Pero unti-unti'ng nawala yun. Lumabas ang tinatago nito.

*Palasyo!*

Sobrang laki ng bahay. Mukang nasa third floor lang ang bahay pero ang dami'ng bahagi nito.

Dragon nalang at tore ang kulang, pwede ng tawaging palasyo to.

Pag-hinto ng kotse, walang gustong bumaba. Nagpapalitan kami ng tingin pare-pareho.

**"Andito na po tayo..."** Sabi nung driver samin.

Wala pa ring gumagalaw, hangang sa matanaw ko sila Calix at iba pa na naglalakad palapit dun sa lalaki. Nakatayo sya malapit sa pinaradahan ng mga kotse.

Napilitan kami'ng lumabas at maglakad kasunod nila. Nagkumpulan kami at parang ewan na nagbulungan.

**"Anu bang meron?"** Tanung ko.

**"Ewan ba... Nakita nyo ba si Keifer?"** Balik na tanung sakin ni Edrix.

Umiling lang ako. Niligid ko yung mata ko. *Putspa!* Ang lawak talaga ng lugar at may natatanaw ako'ng dagat mula sa pwesto namin.

*Yayamanin!*

May ilang sandali pa kami'ng nakatayo don ng biglang bumukas yung MALAKI'NG PINTO! It's official, hindi talaga tao nakatira dito. Pati pinto malaki. *Hayop!*

Unti-unti'ng lumabas ang isang....*gwapo!* Ang gwapong lalaki, artista ba to? Muka sya'ng nasa 40's o mas bata pa. At ang laki ng pagkakahawig nya kay----

**"Daddy ni Keifer."** Sabi ni Ci-N.

Nagpabalik-balik ang tingin ko sa kanya at dun sa sinasabi nila'ng Daddy ni Keifer.

*Hindi nga?!*

Hindi naman sa sinasabi kong pangit si Keifer, kayalang kasi. Alam mo yung... May something kasi... Yung anu... *Haizt!* Oo na nga! Sobrang gwapo at bata nya tignan para maging isang ama.

*Crush ko na ata sya!*

Lumapit samin si Da----este, Daddy ni Keifer. Nakangiti pa sya samin at aaminin ko ang lakas ng dating nya.

**"Good morning..."** Bati nya samin. **"...are we all complete?"**

Napatingin ako sa mga kasama ko. Speaking of complete, wala si Yuri at Keifer dito.

Lumapit yung isang naka-black suite sa kanya at bumulong. Meron sila'ng pinag-usapan sandali.

**"Anu bang ginagawa natin dito?"** Tanung ko kay Ci-N.

**"Hindi ko nga alam eh... Ang totoo, nagtext sakin si Keifer. Bilin nya na wag daw muna kita'ng papalabasin at muka'ng eto yung dahilan."** Paliwanag nya sakin.

Kaya pala sabi nya magpatanghali na daw kami.

**"Mr. Watson..."** Tawag ni Aries.

Lahat kami napatingin sa kanya. *Close sila?*

**"...can you tell what do you need from us?"**

*Yun!* Sa wakas! May nagtanung din. Mapapakinabangan din naman pala tong horoscope na to.

Bahagya'ng tumawa yung Daddy ni Keifer. **"Wala kang pinagbago, mainipin ka pa rin."** Tumingin sya saming lahat. **"...I just want to have a lunch date with my son's friends."**

Yung bigla nalang ako'ng kinilig. Kasi naman, dumaan yung tingin nya sakin nung sinabi nya'ng '*lunch date*'.

*Inaaya ba nya kong mag-date?*

Bago man may magsalita samin. Malakas na ugong ng sasakyan ang narinig namin. Para bang nakikipag-karera.

**"He's here."** Sabi nung Daddy ni Keifer at bigla nalang sya'ng pumwesto sa gitna.

AS IN GITNA! Kung saan pwedeng  dumaan yung kotse. Palapit na yung kotse, hindi lang isa. Dalawa sila at pamilyar sakin.

Kotse ni Yuri yung isa pero yung isa....*si Keifer.* Para silang nagkakarera sa bilis nilang magpatakbo.

Lumiko na yung kotse ni Yuri para maghanap ng paparadahan pero yung kotse ni Keifer nagtuloy-tuloy at----*jusme!*

*Sasagasaan nya ba tatay nya?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 150

**Escape plan**

***Jay-jay's POV***

Dangkal!

Dangkal nalang ang pagitan ng kotse ni Keifer at ng Daddy nya. Akala ko sasagasaan nya talaga pero pumreno sya bigla.

Huminto yung pagtibok ng puso ko don. Muntik na ring humiwalay ang kaluluwa ko sakin. *Pakshit yan!*

Bumaba si Keifer ng kotse nya at agad na tinignan ng masama ang Daddy nya.

**"You're blocking my drive way!"** Sabi ni Keifer.

Hindi sumagot yung Daddy nya. Ngumiti lang sya at naglakad na pabalik sa bahay. Ang weird pero hindi ko man lang nakitaan ng takot.

Nakita ko si Yuri na naglalakad palapit samin. Seryoso'ng seryoso sya lalu na nung makita nya sila Aries at Ella.

**"Bakit kami sinundo ng Tatay mo?"** Tanung ni Felix kay Keifer.

Pero hindi sya sumagot. Agad sya'ng naglakad palapit dun sa malaking bahay nila at pumasok dun sa yayamaning pinto.

Tinignan ko si Yuri sa pagbabaka-sakali na may isasagot sya samin pero sumunod lang din sya kay Keifer.

**"Anu bang nangyayari?"** Tanung ko.

Dahil obvius naman na walang makasagot nanahimik nalang kami sa kinatatayuan namin.

May ilang minuto rin siguro kaming nakatayo don ng bigla'ng maglakad si Aries papasok sa bahay kasunod si Ella.

*Ay wow! Feel at home?*

**"Aanu yun?!"** Tanung ni Eren.

**"Wala'ng mangyayari satin dito! Tara na!"** Sabi ni Rory at agad na naglakad papasok sa bahay.

Dahil mga hindi alam ang gagawin, sumunod naman kami. Pagpasok sa loob nahiya ang sapatos ko sa kintab ng sahig nila.

Anu'ng sabi ni Sia sa chandelier nila? Mas malaki pa to sa nasa hotel nila Yuri. Ang putik! Hindi lang ako mag-swing dito, matutulog pa ko.

Wala'ng wala yung tinitiran ni Keifer sa mansyon na to. Presidente ata ng pilipinas nakatira dito.

**"Good morning."** Bati samin ng isang babae na nakasuot ng pang-maid.

Nanliit ako, mas muka pa kong katulong sa kanya. Ang kinis kasi ng balat nya at sobrang linis ng suot. Nahiya yung uniform kong tinakbuhan ng plantsa.

**"Sumunod po kayo sakin."** Sabi nya at naglakad.

Nangunguna sa pagsunod si Eren. *Chicks eh!* Habang naglalakad, panay ang tingin ko sa paligid. Ang lalaki ng painting na nakasabit sa pader. Sing-laki ata ng kama ko sa kwarto.

May binuksang pinto yung babae'ng sinusundan namin. Sinenyasan nya kami'ng pumasok. Lakad naman kami habang nakapila. Para kami'ng nasa feild trip.

*Nice nice!*

Dalawang sofa set ang bumungad samin. Eto ata yung receiving area nila. Ang mga kumag agad na tumakbo at humilata dun sa sofa. Kanya-kanya naman tingin yung iba.

May kumalabit sakin. Tinignan ko naman at si Ci-N lang pala. Nilapit nya yung bibig nya sa tenga ko at bumulong.

**"Samahan mo ko... Mag-CR ako."** Sabi nya.

Buti nabanggit nya! Kanina pa nga din ako naiihi. Nag-nod naman ako sa kanya at lumabas na kami ulit.

**"Asan kaya ang CR?"** Tanung ko.

Hindi sumagot ang Ci-N. Bigla nalang sya'ng naglakad paalis. Kahit nagtataka sumunod nalang ako sa kanya.

Kung saan saan kami nagsuot. May apat na maid na ata yung nasasalubong namin pero hindi man lang nagtatanung si Ci or nakikipag-usap sa kanila.

*Pakiramdam ko naliligaw na kami.*

Bigla nalang umakyat si Ci sa hagdan papunta'ng second floor. *Putcha!* Pati hagdan pang-mayaman. Anu'ng sabi ng Stairway to heaven dito?

**"Hoy Ci!"** Tawag ko sa kanya. **"...Saan tayo pupunta? Kala ko mag-CR tayo?"**

Hindi sya sumagot tuloy-tuloy pa rin sya sa paglalakad. Feeling ko hindi na CR ang pakay nito.

Panibagong hallway na naman ang pinasukan namin. Nag-uumpisa na kong mainis sa bata'ng kumag na to. Hangang sa bigla nalang sya'ng huminto sa tapat ng isang pinto.

Kumatok sya dun at parang may pinakinggan. Humarap sya sakin at sinenyasan akong lumapit sa kanya.

**"Bakit?"** Tanung ko habang naglalakad palapit sa kanya.

Bahagya nyang binuksan yung pinto. **"Pasok ka..."** Utos nya.

Ayoko sana, kayalang may narinig akong pamilyar na boses mula sa loob. Pumasok ako at nakita ko si Keifer, Yuri, Keigan at Keiren na seryoso'ng nag-uusap-usap.

*Andito pala sila Keigan?*

**"Anu'ng meron?"** Bulong ko.

Si Yuri ang unang nakakita sakin. **"Jay..."** Tawag nya sakin.

Dahan-dahan ako'ng naglakad palapit sa kanila.

**"A-anu bang nangyayari?"** Tanung ko sa kanila.

**"We need your cooperation here."** Sabi ni Keifer.

Tinuro ko yung sarili ko at taka na tumingin sa kanila.

**"Dad is up to something. Hindi nya ko papupuntahin dito ng walang dahilan."** Sabi ni Keigan.

Hindi ako nag-salita. Hinintay kong ituloy nila yung paliwanag sakin.

**"We don't know what it is, but one thing is for sure."** Sabi ni Yuri at tumingin kay Keiren. **"...Si Keiren ang target nya at pwedeng gagamitin nya tayong lahat."**

Napatingin ako kay Keiren. Matamlay sya at parang may sakit.

**"Nakiki-usap ako sayo Jay... In case everything went wrong, please run away with Keiren. Keigan will help you scape here."** Paki-usap ni Keifer.

**"I-iiwanan ko kayo?"**

Umiwas ng tingin si Yuri at ganun din ang ginawa ni Keifer.

**"Don't worry Jay... They won't hurt your friends and classmate. But i can't promise that they won't hurt Kuya."** Sabi ni Keigan.

Ang galing! Gumaan ang pakiramdam ko sa sinabi mo'ng yan Keigan. Iiwanan ko sila kapag nagka-gulo. Hindi naman yata tama yun.

**"Please do what i said. Wag ka ng mag-isip pa ng kahit anu."** Maotoridad na utos ni Keifer.

Ayoko sana, ayokong gawin yun. Hindi ko gawain yun eh, napatingin ako kay Keiren. Nakaka-awa ang itsura nya.

**"S-sige... Gagawin ko."**

**"Great! You know what to do Keigan!"** Sabi ni Keifer habang nakatingin sa kapatid nya.

Nag-nod lang naman sila at nag-simulang lumakad palapit sa pinto. Tapos na yung meeting nila.

Dumaan sa harap ko si Keifer kaya agad kong hinawakan ang dulo ng polo nya. Taka nya ko tinignan.

**"S-saan CR nyo?"** Tanung ko sa kanya.

Tinignan nya sila Keigan at Yuri. Sumenyas sya sa tumuloy na sila. Tinuro nya sakin yung pinto sa likod ko.

Agad naman akong nag-tatakbo papasok sa loob. Hindi ko na kasi kaya. Sobrang sakit na ng pantog ko.

Pagpasok sa loob, nahiya yung pwet kong dumikit dun sa inidoro nila. Kintab to the max! Pero hindi ko na kaya'ng magpigil, bahala na yung naglilinis. Tadtarin nalang nya ng disenfectant.

Pero sa totoo lang, nag-enjoy akong magwiwi dito. Complete sa sanitary ang banyo'ng to. May alcohol pa!

Paglabas ko, wala ng tao sa kwarto. Baka nainip na sakin si Keifer. Lalakad na sana ako palapit sa pinto pero may bigla nalang yumakap sakin mula sa likod.

*Hala! Hala!*

**"Ssshhh..."** Sabi nya. **"...I fvcking miss you."**

*Hala! Teka lang!*

**"...Naging busy kasi ako. But after this, i swear babawi ako sayo."**

*A-anu ba to? T-teka lang!*

**"...please say something."**

Panu ako magsasalita? Nanigas na naman ako dito sa kinatatayuan ko. Nakayakap pa sya sakin. *Edi wow!*

**"K-keifer..."** Tawag ko sa kanya.

Bigla nalang nya'ng sinubsob yung ulo nya sa balikat ko. Hindi sya nagsalita pero may pagkakataon na humihigpit yung yakap nya sakin.

*Naintindihan ko na.*

Hindi lang nya ko niyakap dahil namiss nya ko. Kailangan nya ng masasandalan ngayon. Kahit hindi sya magsalita, ramdam kong hirap sya.

Hinawakan ko yung braso nya.

**"Ssshhh..."** Panimula ko. **"...Na-miss din kita."**

Naramdaman ko ang bahagya'ng pagtaas ng ulo nya.

**"...wag mong isipin yun. Marami pa namang time para bumawi. Unahin mo yung dapat mong unahin."** Sabi ko at tinap yung ulo.

Ipinatong nya yung baba nya sa balikat ko.

**"Thank you..."** Bulong nya. **"...Thank you for being here."**

Napangiti nalang ako dahil sa sinabi nya. Ang gaan sa pakiramdam ng ganito.

Kumalas sya sa pagkakayakap. **"Let's go."** Sabi nya at naglakad palapit sa pinto.

*Ay walang kiss?*

Pffttt... Kala ko namiss nya ko. Anu ba yan? Umasa pa man din ako.

Sumunod na ko sa kanya. Naka-hawak na sya ng doorknob ng bigla sya'ng huminto.

**"Before we go..."** Sabi nya at bigla nalang akong hinalikan sa labi.

Sandali lang yun pero sapat na para patigilin ang tibok ng puso ko.

*Ahihi...*

Binuksan nya ang pinto at agad na lumabas. Nakita ko si Ci-N na nakasandal sa pader at naglalaro sa cellphone nya.

**"Huy!"** Tawag ko sa kanya. **"...Tara na!"**

**"Anu pinag-usapan nyo?"** Tanung nya sakin.

**"Wala..."** Sagot ko at naglakad na.

Agad naman sya'ng sumunod sakin.

**"Hindi nga... Tungkol nga saan yun?"** Pangungulit nya.

**"Basta..."**

**"Sasabihin mo o sasabihin ko kay Keifer na may boyfriend kana?"** Banta nya.

Bigla nalang ako'ng natawa. *Kung alam mo lang...*

Pero nawala din yung tawa ko na yun ng makita ko si Yuri. *Shit!* Narinig kaya nya yung sinabi ni Ci-N?

**"Anu'ng pinag-uusapan nyo?"** Tanung nya samin.

**"A-anu... Wa----"**

**"Wala na kayo'ng pag-asa ni Keifer! May boyfriend na si Jay-jay!"** Singit ni Ci-N.

*Putik!*

**"Boyfriend?"** Taka'ng tanung ni Yuri at tinignan ako.

Sumenyas ako sa kanya ng '*Wala lang yun!*'. Baka kung anu pang idagdag nitong si Ci-N.

**"Oo! Kaya----hhhhmmmm! hhhmmmm!"** Agad kong tinakpan yung bibig nya.

**"Ahahahaha... Ang lakas kasi ng tama nitong si Ci!"** Awkward na sabi ko.

Ngumiti lang sakin si Yuri at nag-nod bago tuluyang naglakad palayo. Binitawan ko si Ci at agad sya'ng tinignan ng masama.

**"Ang baho ng kamay mo!"** Reklamo nya sakin.

*Ay gago!*

Inamoy ko naman yung kamay ko. Wala naman akong naamoy na iba bukod don sa alcohol na ginamit ko kanina.

**"Tara na nga! Kakain na daw!"** Sabi nya at mabilis na naglakad paalis.

*Nice! Kainan na!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 151

**Near Death**

***Jay-jay's POV***

Yung totoo?! Lunch date o may fiesta? Simple'ng pananghalian o may bonggang handaan?

Napakaraming pagkain. Bonggang bongga! Parang kang umattend ng birthday or binyag. Nasa gilid yung mga pagkain.

Syempre, dahil mga likas na patay gutom. Eto kami at nakapila. Oo! Kasama ako, patay gutom na rin ako. Sinong hindi magugutom dito?

*Lechon mga Bes!*

Sa lahat ng nagmamantika, eto lang ang ka-akit-akit. *Clap**Clap*.

Ang tagal ng mga Ulupong na to kumuha. Hinakot na yata lahat ng pagkain.

**"May ice cream!"** Sabi ni Ci habang pumapalakpak.

**"Magkanin ka muna... Baka sikmurain ka kung ice cream agad kakainin mo."**

**"Pero ice cream ang gusto ko."** Pilit nya sabay pout.

**"Ay naku! Bahala ka nga..."**

Hinayaan ko nalang sya. Nakarating na kami sa tagumpay. Kuha dito, kuha doon. Magkakasya dapat sa plato.

Pagkakuha ng pagkain, dumiretso na kami sa lamesa. Naka-pwesto kami malapit kila Keifer, kaya naririnig namin ang usapan nila. Yun din kasi ang sabi nila sakin. Wag ako lalayo kila Keigan.

Yung habang ligaya'ng ligaya ka sa pagkain. Eto naman sila at napaka-seryoso ng usapan. Awra palang ni Keifer mabigat na sa pakiramdam.

Idagdag pa yung kay Yuri at dun sa Daddy nila Keifer. Ang hindi ko lang maintindihan, kung bakit pati si Aries nasa table nila kasama si Ella.

*Edi wow!*

**"...how's your school? Nag-aaral kabang mabuti?"** Tanung nung Daddy nila kay Keifer.

**"My study is none of your business."** Diretsong sagot nung Hari.

**"Come on Keifer, i'm still your Dad. I still have responsibility with you and your brother."**

**"Bullsh*t!"** Inis na sabi ni Keifer.

**"Language my son. Your still in my house."** Maotoridad na sabi nung Daddy nya.

*Putcha! Intense!*

Para akong nag-aabang matinding sagupaan dito. Kulang nalang mag-labas sila ng baril kagaya sa pelikula.

Tumingin yung Daddy ni Keifer kay Aries at Yuri.

**"Look at you, dati lang nagpupunta kayo dito para sunduin si Keifer. Saya'ng nga lang at kulang na kayo."** Sabi at ngumiti.

Kilala din nya pala si Percy. Totoo nga! Nagpunta na nga dito si Aries dati. Kaya pala alam na alam nya.

**"Your Ella, right?"** Tuon nito kay Ella. **"...The last time that i saw you, kasama mo si Keifer. But now, it's look like your with someone else."**

Nakaramdam ng pagka-ilang si Ella. Agad namang hinawakan ni Aries ang kamay nya. Hindi ko sya masisisi. Nakapaligid sa kanya ang nakaraan nya.

Bigla nalang tumingin yung Daddy ni Keifer sakin. Muntik pa kong mahirinan. *Nakakabigla naman kasi!*

**"Only rose among the thorns?"** Tanung nya sakin.

*Ene dew?!*

**"...What is your name? Bago ka sa paningin ko."**

Napatingin pa ko kila Keifer na nakatingin din sakin. Para bang sinasabi nila na mag-ingat ako sa pagsagot.

**"J-jasper Jean Mariano po... Jay-jay nalang po."**

Sandali sya tumahimik at parang nag-isip pero sakin parin nakatuon ang atensyon nya.

**"I know few Mariano in business industry. What are your parents name?"** Tanung ulit nya.

**"Those were none of your business."** Mabilis na singit ni Keifer.

Buti nalang nagsalita sya. Ayoko ding sabihin ang pangalan nila. Alanganin kasi, lalu na yung kay Papa.

**"It's just a name. Nothing is wrong for asking someone's name."** Sabi nya at bumalik ang tingin sakin. **"...mind telling me their name?"**

*Kingina!*

**"J-jasfher Mariano po yung Papa ko. Jeana Fernandez po yung nanay ko."** Alanganin kong sagot.

Bigla nalang sya'ng ngumiti ng malapad.

**"What a small world! Nagka-anak pala sila! Hahahaha..."** sabi nya.

Nakaramdam ako ng inis. Anu'ng ibig nya'ng sabihin dun?

**"...It's just happen that i know your father. He's a stock holder in our telecommunication company. On the other side, i also know your mother. Kapatid sya ng Gema Fernandez which is happen to be my friend."** Sabi nya, sabay tingin kay Aries. **"...So, magpinsan pala kayo?"**

Umiwas lang ng tingin si Aries. Halata'ng hindi sya proud sa narinig nya. Hindi sya proud na maging magka-dugo kami.

**"...Never in my mind that i imagine your parents together. I mean... No offense but your Mom seems a bit... '*taklesa*'."** Sabi nya at parang iniisip ang tamang word para idiscribe ang mama ko.

Napayuko nalang ako. Totoo naman kasi, taklesa si Mama. Ang tapang-tapang nya magbigay ng opinyon sa harap ng iba. Walang filter ang bibig nya kaya napapa-away sya palagi.

Makakarating nalang samin na nasa presinto sya at pinakulong ng naka-away nya. To the rescue naman si Lola, pero ako nanahimik lang sa bahay.

**"...Ni hindi ko sila nakita na magkasama before. It amaze me that----"** napahinto sya.

Bigla nalang kasing nabasag yung baso ni Keifer. Hindi nya binato o inihampas sa kung saan. Kusa nalang nabasag yun sa mismong palad nya.

Unti-unti'ng sinara ni Keifer ang kamao nya at kasabay nun ang pagtulo ng dugo sa lamesa.

**"Pinapunta mo ba sila para insultuhin lang?"** Seryoso'ng tanung ni Keifer sa kanya.

**"No... Why you seem so affected?"**

Naglipat-lipat ang tingin ko kay Keifer at sa Daddy nya. Kung may kuryente lang na dumadaloy sa mga tingin nila, nakapag-charge na ko ng cellphone.

**"Pwede bang sabihin mo nalang kung anu'ng kailangan mo saming lahat? May mga pasok din kami sa school."** Inis na sabi ni Keifer habang pinupunasan ang kamay nya sa table napkin.

Sumenyas yung Daddy nya sa isa mga tauhan nya. **"I'm glad you bring that up."**

May inabot na papel yung isa sa mga lalaking naka-black suite. Kinuha yun ng Daddy ni Keifer at inabot sa kanya.

**"...Pirmahan mo."** Utos nya.

Binasa ni Keifer yung nakasulat sa papel. Parang may kung nakalagay at mabilis na ikinagalit nya. Tumayo sya at tinignan ng masama yung Daddy nya.

**"Kung ayaw mong ibigay ang custody sakin ni Keiren. Ibalik mo sakin ang mana mo."**

**"It's my Mom's money! She work hard to get it and she gave it to me!"**

**"Wala'ng pera ang Mama mo... Ninakaw nya yun sa mga stock holder ng company. Sakin to be exact."**

Ibinato ni Keifer yung papel. **"Wala ako'ng pipirmahan!"**

Seryoso sya'ng tinignan ng Daddy nya. **"You leave me no choice."**

Bigla nalang naglapitan sa kanila yung mga naka-black suite. Napatayo nalang kami at napalayo sa kanila.

*Yung pagkain ko!*

Hahawakan nila si Keiren pero bago pa nila magawa yun, malakas na suntok ang tumama sa kanila galing kay Keifer.

Na-alarma yung iba mga naka-black suite kaya naglapitan na sila. Agad na lumayo si Ella at Aries. Tinulungan naman ni Yuri si Keifer na labanan yung mga lalaki.

Bwisit tong Aries na to! Tumulong ka kaya! Kakahiya naman sayo nyan.

**"Tulungan natin sila Keifer!"** Sigaw nila at agad na lumapit sa pwesto nila Keifer.

Mas lalong nadagdagan yung mga naka-black suite. Yung totoo? Gano kayo karami dito?

Nakita ko si Keigan na tumatakbo palapit sakin. Eto na ba yun? Tatakas na ba kami? Sinalubong ko sila. Yun nga lang may bigla'ng humawak kay Keigan.

Napilitang tumakbo si Keiren.

**"Keiren!"** Tawag ko sa kanya.

Tumakbo sya palapit sakin. Tinignan ko yung paligid. Nagkakagulo na sila! Wala ako'ng makita'ng lalabasan.

**"Saan tayo pupunta?!"** Taranta'ng tanung nya sakin.

*Pakshit!*

Hinatak ko sya palapit sa isa mga pinto. Sinubukan kong buksan yun at sipain pero naka-lock.

*Pota naman!*

Niligid ko yung paningin ko. Pero puro lumilipad na plato at mga gamit yung nakita ko.

Wala ako'ng choice. Lumapit ako sa isa sa mga table. Tinaas ko yung table clothe at pilit pinasok sa ilalim ng lamesa si Keiren.

**"Dito ka muna! Hahanapin ko si Keigan!"** Sabi ko at binaba yung tela.

Agad ako'ng tumakbo at hinanap si Keigan pero hindi ko sya makita. *Asan na?!*

Nagpa-ikot-ikot pa ko. Halos madapa ako at tamaan ng mga lumilipad na gamit.

Isang kamay ang napatigil sakin. Isa sa mga naka-black suite.

**"Asan si Keiren?!"** Galit na tanung nya sakin.

**"Sa bulsa ko! Nagkakape!"** Sigaw ko at agad sya'ng tinulak ng malakas.

Nabitawan nya ko kaya nakatakbo ako palayo. Lalung tumindi ang gulo pero isang malakas na tinig ng lalaki ang nagpatigil saming lahat.

**"ENOUGH!!"** Sigaw ng Daddy ni Keifer at kasabay nun ay ang pagkasa ng mga baril.

Nakita ko si Keigan na hawak ng isa sa mga naka-black suite. Naka-head lock sya at pilit nagpupumiglas.

Napalunok nalang ako. Lalu ng makita ko yung tinulak ko kanina na nakatutok ang baril sa sintido ko.

*Shit! Wala ng biro! Katapusan ko na!*

Huminto silang lahat sa pag-aaway. Galit na nakatingin si Keifer sa Daddy nya.

**"YOU SON OF A B*TCH!"** Sigaw nya.

**"Language!"** Sagot nito at sumenyas sa isa mga tauhan nya.

Bigla nalang sinikmuraan ng isa sa kanila si Keifer. Napaluhod sya sakit pero pilit nya'ng pinatatag ang sarili nya.

**"Where is Keiren?"** Tanung ng Daddy nya at niligid ang tingin samin.

Walang sumasagot. Wala naman nakaka-alam sa kanila, maliban sakin.

**"Sir! Ang babae'ng to, kasama nya si Keiren kanina!"** Sumbong nitong lalaki'ng kaharap ko na nakaturo ang baril sakin.

*Pasalamat ka may baril ka!*

Naglakad sya palapit sakin kasunod ng iba pang mga tauhan nya.

**"Where is my son?"** Seryoso'ng tanung nya.

Umiling ako. **"H-hindi ko po alam... N-nagkahiwalay po kami."** Palusot ko.

Halata'ng hindi sya naniniwala sa sinabi ko. Sumenyas na naman sya sa tauhan nya at laking gulat ko ng bigla'ng pinagtulungan ng tatlo sa kanila si Keifer.

**"Argh!"** Sigaw nya.

**"Keiren! Come out! Come out! Where ever you are!"** Sigaw ng Daddy nila.

Gusto kong tumakbo palapit kay Keifer. Gusto ko silang pigilan pero panu ko gagawin yun kung sa bawat kibot ko sumusunod ang baril sakin.

Tinignan ko yung mga Ulupong at si Aries. Nakiki-usap ang tingin ko sa kanila pero kahit sila walang magawa.

Nakahandusay na si Keifer sa sahig pero ayaw pa rin nilang tumigil.

**"T-tama na... Maawa po kayo kay Keifer."** Paki-usap ko.

**"Maawa? Those words don't fit to my son. Keifer need to learn a lesson."** Sabi nya sakin at ngumiti.

Tatay kaba talaga nya? Bakit ganyan sya sa anak nya? Naiiyak na ko, gusto'ng gusto ko na sila'ng patigilin.

Matibay pa rin si Keifer kung tutuusin. Hindi sya nagsasalita at salag lang ng salag ng mga suntok.

Mukang napagtanto naman ng Daddy nya na wala sya'ng mapapala sa pananakit sa anak nya.

**"Keifer, bakit ba ang tigas ng ulo mo?"** Tanung ng Daddy nya at naglakad palapit sa kanya.

Hindi sya sumagot.

**"...Tsk! Plan A is not working. I'll go with the plan B."** Dagdag pa nito.

Laking gulat ko ng maglabas pa ng baril yung ibang mga naka-black suite at itutok sa iba pa naming kasama.

Napaatras naman ako ng idikit sa ulo ko yung baril na nakatutok sakin.

**"...Pirma lang ang kailangan ko. Yun lang o kaya naman si Keiren."**

Kita kong pag-aalala ni Keifer. Sandali sya'ng tumingin saming lahat. Pinilit nya'ng tumayo at bigla nalang sya'ng tumingin sakin.

*Hindi! Wag mo kong tignan!*

**"Kuya wag!"** Sigaw ni Keigan pero pinatahimik sya ng may hawak sa kanya.

Sandali sya'ng tumahimik at nag-isip. Nagulat nalang ako ng unti-unti nya'ng kuhanin ang ballpen sa lamesa.

**"Keifer!"**

**"Wag!"** Sabay na sigaw namin ni Yuri.

Nilapit ng Daddy nya sa kanya yung papel. Unti-unti'ng bumaba yung kamay nya'ng may hawak na ballpen.

Hindi! Mahalaga kay Keifer ang Mama nya. Kung isusuko lang nya yung sinabi nya'ng pinaghirapan ng Mama nya parang sinuko na rin nya yung pinaglalaban nya.

*Haaaiizzzttt!* Minsan ko lang gagawin to!

**"Kalabitin mo yang gatilyo!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 152

**Gun**

***Jay-jay's POV***

Tumigil ang lahat. Litiral na tumigil. Masama ang tingin sakin ng lalaki'ng naka-black suite sa harap ko. Na sya ring may hawak na baril at nakatutok sakin.

**"Kalabitin mo yang gatilyo!"** Pag-uulit ko.

Timingin yung lalaki'ng kaharap ko sa Daddy ni Keifer at sakin.

**"Jay! Shut up!"** Sigaw sakin ni Aries.

Hindi ko sya pinansin. Diretso lang tingin ko dito sa pvtarages na kaharap ko.

**"Kalabitin mo..."** Utos ko sa kanya.

**"Anu bang ginagawa mo Jay?!"** Galit na tanung ni Yuri.

Hindi ko din sya sinagot. Walang kumukurap samin nitong kaharap ko. Subukan lang nya, pipitikin ko yung talukap ng mata nya.

**"Kalabitin mo na!"** Sigaw ko. **"...Hindi mo magawa no?"** Napangiti nalang ako ng hindi sya sumagot. **"...Anu nalang sasabihin ng mga tao kapag nalaman nilang may namatay na istudyante dahil sa mga Watson? Kasiraan sa inyo yun."**

Tumahimik silang lahat. Mukang nakuha din naman nila yung ibig kong sabihin.

**"...Kayayanin nyo bang pumatay ng istudyante'ng walang laban?"** Pangongonsensya ko.

Kahit yung ibang naka-black suite na may baril parang napa-isip din.

**"...Anu nalang sasabihin ng mga business partners nyo? Anu nalang sasabihin ng maraming tao at anu'ng sasabihin sa inyo ng Papa ko?"**

*Dead air!*

Palitan ng tingin ang ginawa ng iba. Meron namang tumingin sa Daddy ni Keifer. Pero etong kaharap ko, pinanindigan ang titigan portion naming dalawa.

Bigla nalang nag-slow clap yung Daddy ni Keifer at naglakad palapit sakin.

**"Put the gun down..."** Utos nya at hinarap ako. **"...You're a brave woman, you know?"**

Kung alam mo lang. Yung isang taong tapang na inipon ko para pang-harap kay Kuya, nagamit ko na ata.

Hindi na ko sumagot sa kanya. Lumakad sya palapit kay Keifer at kinuha yung papel.

**"Akala ko nalamangan na kita ngayon... Pero mukang mali ako."** Sabi at tumingin sakin. **"...You and your friends can leave now. I'll talk to you again next time."**

Naglakad na sya paalis kasama nung mga lalaki'ng naka-black suite. Pero etong kaharap ko tinignan muna ko ng masama bago tuluyang umalis.

*Titingan pa!*

Nanginig ang tuhod ko at kusa nalang ako'ng bumagsak sa sahig ng mawala sila sa paningin namin. Agad namang lumapit sakin sila Ci-N at David para alalayan ako.

Yung takot na pilit kong nilalabanan kanina, eto na at lumabas. Hindi na kinaya ng katawan ko. Yung puso ko, abnormal na sa pagtibok. Kulang nalang humiwalay na sakin.

**"Okay lang Jay?"** Tanung ni David.

Napahawak ako sa braso nya. **"Jusme! Akala ko mamatay na ko!"**

Napatingin ako kila Yuri na pilit inaaalalayan yung Hari. Ma-pride din ang mokong dahil panay ang tanggi nya.

**"Ang tapang mo kanina... Nakaka-proud ka."** Sabi ni Ci-N.

*Naks!*

Napangiti nalang din ako. Habang kinakamusta ako ng iba, hindi ko namalayan na naka-lapit na pala sila Keifer samin.

**"Are you out of your mind?!"** Galit na tanung nya sakin.

Nakatingin na silang lahat samin.

**"...Kilala mo ba kung sino yung hinamon mo?!"**

Umiling lang ako. Wala naman akong clue kung sino yun. Basta tauhan sya ng Daddy ni Keifer.

**"That is Dylan! He is a professional hitman!"**

*H-h-h-hitman?!*

Hinamon ko yung isang professional hitman? Hinamon ko? HINAMON KO!

Muli na namang nanlambot ang tuhod ko at tuloy-tuloy ako'ng napaupo sa sahig.

**"JAY!"** Tawag nila sakin at inalalayan ako ulit pero sa pagkakataon na to wala na kong lakas tumayo.

*Naka-harap ko si Kamatayan!*

Ang lakas pa ng loob ko at ang yabang-yabang pa ng dating ko. *Kingina!* Kung hindi ako sinanto nun, putcha! Uuwi akong malamig na bangkay samin.

**"M-m-muntik na ko dun."** Sabi ko habang patuloy sa panginginig.

**"Okay lang yan... Hindi ka naman natuluyan eh."** Sabi ni Ci.

Gustohin ko man dagukan ang bata'ng to, hindi ko magawa. Hindi mawala sa isip ko yung ginawa ko.

**"Asan si Keiren?"** Singit ni Keigan samin.

Nanginginig pa ang kamay ko na tumuro sa lamesa'ng pinag-taguan ko sa kanya.

Agad namang lumapit si Keigan don at sumilip sa ilalim. Lumabas si Keiren at yumakap sa kanya. Lumapit din si Keifer. Mahigpit na yakap agad ang binigay nya sa mga kapatid nya.

Nakakabakla siguro tignan para sa iba. Pero para sakin ang lakas maka-gwapo nyan.

**"Umalis na siguro tayo dito."** Suggestion ni Drew.

Sumang-ayon naman yung iba. Inalalayan ako ni David pati sa paglalakad. Napatingin ako kila Aries at Ella. Nakatingin lang sila sakin at para bang meron silang pinag-uusapan.

Paglabas ng bahay, sinakay ni Keifer sila Keigan at Keiren sa kotse. Humarap sya samin at tinignan ako ng masama.

**"Wag mo ng uulitin yun!"** Galit na sabi nya sakin.

**"Keifer! Ginawa lang naman nya yun para tulungan ka!"** Pagtatanggol sakin ni Felix.

**"Pano kung ginawa nga ni Dylan yung sinabi nya?!"** Sagot nya.

Tumahimik kaming lahat. Tama naman sya dun. Panu nga kung tinuloy nya? Pero kung hindi ko naman ginawa yun, baka pirmado na yung papel at wala na yung pinaghirapan ng Mama nya.

**"...You just gave them a new idea on what they should do next!"**

Ewan ko pero nakaramdam ako ng pananakit sa dibdib habang nakikinig sa mga sinasabi nya. Pakiramdam ko naging pabigat ako sa kanya.

**"...Next time think before making some random action!"** Dagdag nya at tuluyan ng sumakay ng kotse nya.

**"Yaan mo na si Keifer... Nag-aalala lang sayo yun."** Sabi ni David sakin.

Nag-nod lang ako bilang sagot sa kanya. Pero hindi kasi ganun yun.

Ang bigat kasi sa pakiramdam na ginusto ko lang makatulong pero parang naging dagdag problema pa.

**"Wag mong masyado'ng isipin. Kahit ako magagalit siguro sa ginawa mo."** Sabi ni Yuri. **"...But thank you for doing that."**

Ngumiti ako sa kanya. At least na-appreciate nya yung ginawa ko. Yun nga lang hindi sya yung ini-expect kong tao.

++++++++++++++++++++++++++

***Third Person's POV***

*1... 2... 3...*

Pagbibilang ni Dylan sa isip nya. Binibilang nya ang bala ng baril na hawak nya kanina.

Ang baril na ginamit nya'ng panutok kay Jay-jay. Nangangati ang palad nya. Hindi sya magkakapera kagaya ng sabi-sabi. Nangangati ang palad nya'ng kalabitin ang gatilyo ng baril.

Pagpatay ang kinabubuhay nya. Pero kahit walang bayad kaya nya'ng pumatay. Hindi naman pera ang habol nya.

Yung nararamdaman nya kapag pumapatay, yun ang gusto'ng gusto nya.

**"How many times do you need to count that bullets?"** Tanung ng Boss nya.

*Daddy ni Keifer.*

Tahimik itong nakatingin sa labas ng bintana. Mula doon kita'ng kita nya ang paalis na sinasakyan ng mga kaklase ni Keifer.

**"Sorry po..."** Sabi ni Dylan at tinago ang baril nya. **"...Pwede po bang malaman kung bakit hindi nyo kami hinayaan na tapusin silang lahat?"**

Bahagya'ng tumawa ang Boss nya.

Si Kaizer Watson. Ang walang puso'ng ama ni Keifer. Sa hindi maintindihan na dahilan ni Dylan, hindi ito pumayag na patayin ang mga kaklase ni Keifer kahit kaya'ng kaya naman nya'ng gawin yun.

**"Because of that girl... She has a point."** Sagot nito. **"...I amaze her."**

Napaisip si Dylan, totoo ang tapang ng babaeng yun pero kahit ganun, nakita nya ang takot nito.

Bagay na gusto'ng gusto din nya'ng nakikita sa mga pinapatay nya.

**"You know Jeana right?"** Tanung ng Daddy ni Keifer. **"...Somehow, nakikita ko ang babae'ng yun sa kanya. Mag-ina talaga sila."**

Minsan lang nya'ng nakaharap si Jeana. Sandali'ng sandali at matagal na panahon na rin. Kaya naman hindi din nya naiintindihan ang mga sinasabi ng boss nya.

**"Anu pong plano nyo kay Keifer?"** Pag-iiba nya ng usapan.

**"Kailangan kong makuha si Keiren. Mautak ang financial holder ng babaeng yun. Hindi ko mahahawakan ang pera nila kung wala sila sa tabi ko."** Paliwanag nito at kumuha ng alak sa lamesang malapit sa kanya. **"...Kailangan kong mauto si Keifer, hindi ko sya madadaan sa dahas o pisikalan."**

**"Si Keigan po?"** Tanung ni Dylan.

Kung meron mang natitira'ng mabuti kay Dylan. Yun ay ang pag-aalala nya sa bata'ng minsan nya'ng inalagaan.

**"I have no use to that kid. Nakuha ko na ang pera nya. What i need is Keifer and Keiren's money."**

Napayuko si Dylan. Malaking pera ang pinag-uusapan dito. Dahil minor ang mga bata, lahat ng perang iniwanan ng ina nila ay nasa financial holder nito. Allowance lang ang pumapasok sa income ng tatlo.

Nakuha na nito ang pera ni Keigan ng minsan itong mapunta sa puder nya. Pagkatapos makuha ang kailangan itinapon na nito si Kiegan na parang basura.

Walang amor sa anak ang Boss nya. Kahit naman sa dati nitong asawa.

**"Call my lawyer. I need to speak to them."** Utos nito.

Yumuko si Dylan at lumabas ng silid. Ginawa nito ang utos nya. Kinuha nya ang cellphone at nag-dial ng number.

Pero ibang tao ang tinawagan nya.

**"Hello..."**

**["*Next time sabihin mo samin ng maaga ang plano nya.*"]** Bungad nito sa kanya.

**"Pasensya na... Nawalan ako ng oras para magpadala ng text."**

**["*Nakatanga lang kami don at wala'ng ka-alam-alam!*"]** Galit na sigaw ng kausap nya.

**"Pasensya na talaga..."**

**["*Papalagpasin namin yun. Pero yung ginawa mo kay Jay-jay hindi! Pag-uusapan natin yan pagnagkita tayo!*"]**

Hindi na hinintay nito ang sasabihin ni Dylan. Pinatay nito ang tawag.

*Eto ang tama...*

Gusto'ng bumawi ni Dylan sa mga kasalanan nya at ang pagtulong sa mga bata'ng yun ang nakikita nya'ng paraan.

**Author's Note:** Need ko talaga'ng isama to.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 153

**Argue**

***Jay-jay's POV***

**"Hindi mo ba sasagutin yan?"** Tanung ni Ci-N sakin habang kumakain ng ice cream.

Patuloy ako sa paglipat ng pahina ng catalog na hawak ko. Hindi ko pinapansin yung cellphone at tong bata'ng inubos na yung isang litro ng ice cream.

Sandali'ng sinilip ni Ci-N yung phone ko at bumalik sa ginagawa nya.

**"May LQ ba kayo?"** Tanung nya.

Hindi ulit ako sumagot.

**"Anu ba yan? Walang pang L meron ng Q."** Sabi nya.

Napa-isip ako. Wala pang L? Anung L? Mukang nag-wagi ang luko. Napilitan akong harapin sya at kausapin.

**"Anung L?"** Tanung ko.

**"Love."** Mabilis nya'ng sagot.

*Pffttt...*

**"Anu naman yung Q?"**

**"Q-langot."** Sabi nya at humagalpak ng tawa.

Minsan talaga masarap ng manuntok ng muka. Lalu na yung muka nito'ng bata na to.

**"Ewan ko sayo..."** Inis na sabi ko at hinarap nalang ulit yung catalog.

Ako daw pumili ng titirhan nya. Wala daw kasi sya'ng alam sa ganun. *Mas lalu naman ako!* Pero tinulungan ko na rin sya para maging busy ako.

**"Quarrel."** Sabi nya ng matapos sa pagtawa.

**"Hm?"**

**"Lover's Quarrel. Kayo ni Keifer."**

Umiwas ako ng tingin. **"Hindi kami Lovers."**

**"Kaya nga... Wala pang L tapos Q na kayo."** Pag-uulit nya.

*Ewan!*

Ayoko sya'ng pag-usapan ngayon. Alam ko din na sya yung tawag ng tawag sakin. Bahala sya!

Tumunog yung cellphone ni Ci-N. Sandali sya'ng nangalikot don tapos humarap agad sya sakin.

**"May pinapa-sabi si Keifer sayo."** Sabi nya. **"...in 5 minutes kapag hindi ka daw nagpakita sa kanya, kakausapin daw nya si Angelo ngayon."**

*Anu? Magpapakita? Kakausapin?*

Taka ako napatingin kay Ci-N. Hinintay ko kung may sasabihin pa sya pero nagkibit balikat lang sya.

Tumunog ulit yung cellphone ni Ci. **"Andyan daw sya labas."**

Napabalikwas ako ng bangon. Impakto'ng yun! Alam ko na balak nya. Sasabihin nya kay Kuya Angelo yung relasyon naming dalawa.

Halos madapa ako sa pagtakbo. Pero wala ako'ng paki don. Kailangan ko lang makita yung isa at baka kung anu gawin nya.

Paglabas ng gate ng bahay. *Wala naman ih!*

Wala'ng tao o kotse. Gago'ng yun! Pinagt-tripan lang ata ako. Babalik na sana ako sa loob ng may mapansin ako'ng maganda'ng kotse sa hindi kalayuan.

Nakababa ang bintana nun at.... *Ayun ang animal!*

Naglakad ako palapit dun. Hinarap ko yung Peste'ng Hari ng mga Ulupong.

**"Hoy! Eto na ko! Anu kailangan mo?!"** Galit na tanung ko.

**"Get in."** Kalmado'ng utos nya.

**"Ayoko! Sabihin mo na kung anu'ng kailangan mo."**

**"Get in."**

**"Ayoko nga! Wala kang sasabihin umalis."**

**"Tss."**

Yun na yon?! Yun na yung sasabihin nya? Ang haba! Naiyak ako tang'na!

**"Peste ka! Aalis na ko!"**

**"Sasakay ka o sasakay ka!"** Galit na sabi nya.

*Eto na nga! Sasakay na nga!*

Nabigla ako sa ginawa nya. Para ako'ng nawala sa sarili at sumakay ng kotse nya. Wala talaga ako'ng palag sa galit nito.

*Parang kay Kuya lang.*

Mabilis na pinaandar na naman ng wala'ng hiya ang sasakyan. Napakapit nalang ako sa upuan.

Kung saan kami pupunta, hindi ko alam. Nakakatakot mag-salita. Feeling ko mabubugahan ako ng apoy ng dragon.

**"Say something."** Sabi nya na ipinag-taka ko.

**"A-anu namang sasabihin ko?"**

**"Anything. Your mad at me? Shout! Curse me! Say anything!"**

*Problema nito?*

Umaandar na naman siguro yung topak nya. Oo, galit ako sa kanya. Pero bakit ako yung dapat na magsalita?

**"S-san ba tayo pupunta?"** Pag-iiba ko sa usapan.

Hindi sya sumagot. Hanggang sa mapansin ko yung gate na pinapasukan namin. Pamilyar sakin.

Saan ko ba----*wooot*! Dito din nya ko dinala non. Yung gabi na sinabi ko sa kanya yung mag salita'ng hirap na hirap akong bitawan.

Tama nga ako, subdivision nga yung lugar. Pero wala pang kabahayan, ginagawa pa lang yung iba.

Huminto kami sa ilalim ng isang malaking puno. Hindi ako kumikibo, tumingin ako sa labas at tumingin sa iba't ibang direksyon maliban sa kanya.

May ilang minuto siguro kaming tahimik. Mula sa gilid ng paningin ko nakita ko syang nakatingin sakin.

Sumaglit ako ng tingin sa parte nya. Kuwari may tinignang iba. Tama nga ako. Nakatingin nga sya sakin. Titig na titig!

*Ang awkward makatingin nito!*

**"So, you're not going to speak?"** Tanung nya.

**"Bakit ako?"** Taka'ng tanung ko.

Pero parang naging tunog galit na rin ako. Lakas kasi maka-badtrip nito. Galit kana nga, gagalitin kapa.

**"Because your mad."**

*Muka mo mad!*

**"Porke mad, ako na dapat una mag-salita?! Kakahiya naman dun sa naging dahilan ng pagiging mad ko!"** Galit na sabi ko.

**"Look, if this is about what i said earlier----"**

**"Buti alam mo!"** Putol ko sa sasabihin nya. **"...tapos ako pa dapat mag-salita?!"**

**"At anu nama'ng sasabihin ko?!"** Inis na tanung nya.

Sinabayan nya talaga yung tono ng boses ko. Mukang balak din nya'ng sabayan ang galit ko.

**"Bakit hindi mo alamin?!"**

*Tignan natin ang galing mo!*

**"I'm not a fortune teller! Pano ko naman malalaman yung gusto mo marinig?!"**

*Ampvta!*

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Hindi ba nya makuha na, simpleng sorry at kaunting appreciation lang, okay na?!

**"A-PO-LO-GIZE!"** Madiin kong sabi na ikina-salubong ng kilay nya.

**"Why would I?!"**

**"Hellow! Kamusta naman po yung mga pinag-sasasabi mo sakin?! Tinulungan lang kita tapos ako pa yung masama?!"**

**"I know that I hurt your feelings but you need to understand that what you did is wrong! What if Dylan do what you said?!"**

**"Tinuloy ba?! Hindi diba?!"**

**"Still wrong!"**

**"Edi mali na kung mali! Pero sana man lang na-appreciate mo yung ginawa ko!"**

Nasuklay nalang nya yung buhok nya gamit ang mga daliri nya. Halata'ng nagpipigil ng galit ang luko.

**"Na-appreciate ko naman! Na-appreciate ko yung paglagay mo sa sarili mo sa bingit ng KAMATAYAN! Lalu na yung pinag-ALALA mo ko ng husto!"**

Yung sobrang inis mo, feel mo nalang sapakin tong kaaway mo para matapos na yung usap.

*Aaarrrrggghhhh....*

**"Tang'na naman! Yun na nga yun, nilagay ko na nga sa alanganin yung buhay ko! Kahit katiting na credits para sakin wala?! Pvta naman! Sana pala hinayaan ko ng pirmahan mo yang punyeta'ng papel na----"** napatigil ako ng makita ko sya'ng nakangiti sakin.

*Gago'ng to!*

Halos mamaos ako kakatalak tapos ngingitian lang ako. Na-aning na ata ng tuluyan. *Baliw!*

**"Ano?!"** Inis na tanung ko.

**"Three."** Sagot nya habang naka-senyas ng tatlo sa daliri.

*Three?!*

**"...Three profanity words."**

Nanlaki yung mata ko sa na-realize ko. Nawala sa isip ko yung *profanity* na yan. Pero bago pa man makagawa ng hakbang ang walang hiya, iniharang ko na yung mga braso ko.

**"NO!"** Sigaw ko.

**"No?"**

*My name is NO, my number is No...*

Anu ba yan?! Napapakanta nalang ako bigla. Bwisit kasi tong Hari na to.

**"...What do you mean?! Baka nakakalimutan mo, may usapan tayo?"** Pa-alala nya sakin.

**"Hindi ko nakakalimutan! Pero dahil galit ako, walang KISS!"**

**"HEY! That is not counted!"** Reklamo nya.

**"Counted mo muka mo! Tsaka, ayoko! Amoy sigarilyo ka!"**

Pagkasabi ko nun agad nya'ng inamoy ang sarili nya. Akala nya siguro na hindi ko pupunahin. Amoy na amoy ang sigarilyo sa kanya.

**"And so what, if i smell like cigarette?"** Mayabang nya'ng tanung.

**"Ayoko nga ng amoy!"**

**"Tss... Para'ng hindi ka nanigarilyo dati ah?"**

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Excuse me! Try lang yun! Hindi kita hahalikan kapag nanigarilyo ka! Buong araw yun!"**

**"What?! You can't be serious about that?!"** Hindi makapaniwala nya'ng tanung.

*Akala mo ah!*

**"I'm dead serious."** Pang-asar ko sa kanya.

**"C'mon! I can't live without having your lips for a day!"**

*Ay ang OA!*

**"Can't live?! Umabot ka nga ng 17 ng wala ako sa tabi mo. Tsaka hindi naman araw-araw nagk-kiss tayo ah?"**

**"Yeah... Co'z i know that next day, I can still kiss you. Pero ngayon....What if araw-araw ako manigarilyo? Araw na araw na walang----Hell no!"**

Kung kanina, inis na inis ako sa lintik na to. Ngayon, natatawa na ko sa kanya. *Kiss Addict* na yata sya!

**"Seryoso ako dyan."** Sabi ko.

**"Jay... If this is still about our argument. Fine! You win!... Thank you! Thank you... For risking your life to help me and my brothers."**

*Ahahahaha...*

**"Nice... Biglang nagbago isip mo pagdating sa kiss, ano?"**

Tinignan nya ko ng may pakiki-usap. Akala naman nya madadala ako sa gwapo nya'ng muka.

**"...pero hindi pa rin ang sagot ko. Naiinis ako sayo! Sa maraming bagay at dahilan!"**

Napabuga nalang ng malakas na hangin ang luko. Kulang nalang sumigaw sya sa inis.

**"Anu na naman ba'ng dahilan?!"**

Inirapan ko sya. **"Ewan ko sayo. Alamin mo."**

Bigla nalang nya'ng sinampal ang sarili nya'ng noo. Gusto'ng gusto ko ng tumawa ng malakas dahil sa itsura nya pero kailangan kong panindigan tong '*galit-galitan*' moment ko.

Tsaka isa pa, meron din akong gusto'ng malaman.

**"Feeling ko kasi..."** Panimula ko dahilan para tumahimik sya at tumingin sakin. **"...hindi pa talaga kita ganun kakilala."**

**"What do you mean?"** Mahinahon nya'ng tanung.

Mukang nakuha naman nya na nagse-seryoso'ng usap na ko.

**"Yung nangyari kasi sa inyo ng Daddy mo..."** Hindi ko na tinuloy ang sasabihin ko.

Bigla nalang kasi sya'ng umiwas ng tingin. Mukang ayaw nya'ng pag-usapan ang tungkol don.

Umiwas nalang ako ng tingin. Pakiramdam ng ibang tao ka sa kanya. Kahit man lang sana pangalan ng magulang nya ipa-alam nya sakin. Feeling ko tuloy----

**"My Dad killed my Mom."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 154

**Watson Family**

***Keifer's POV***

**"...Kainis! You'll pay for this."** I whisper while walking.

**"Keifer... What did i told you?"** Mom said with her signature '*remember-what-i-said*' tone.

**"Don't curse back."** I answer innocently.

**"Anu pa?"**

**"Revenge is not an answer."**

Mom smile to me but i can't smile back. Natalo na naman ako ng Yuri Hanamitchi na yun. Tinalo na nga nya ko sa exam pati ba naman sa suntukan.

*I hate him.*

**"Bakit hindi ka pa rin naka-ngiti?"** Tanung nya.

**"Mom... Natalo ulit nya ko. Dad will get mad at me."** I said sound disappointed.

Well I do really am. Specially when Dad found out about this. Iisipin na naman nya na mahina ang panganay nya. Ang sinasabi nya'ng magmamana ng lahat ng meron sya.

I'm only 7 years old but I already feel pressured about everything. Pakiramdam ko ang laki na agad ng responsibilidad ko sa buhay.

**"Wag mo ng isipin ang Dad mo. Ako nalang kakausap sa kanya."** She answered and smile.

I have no choice but to force a smile. Ayoko sana pero alam kong hindi titigil si Mom sa pangungulit sakin.

Huminto kami sa gate kung saan kami susunduin ng kotse ni Dad. Mula sa kabilang daan nakikita ko sya. Nakikita ko yung tumalo sakin kasama ng kaibigan nya'ng kulay blue ang mata.

Sandali'ng dumaan ang tingin nya sakin pero bumalik din yun sa kasama nya.

Dumating ang kotse ni Dad pero mukang wala na naman sya. I feel a bit relief, dahil alam kong kakagalitan lang nya ko kapag nalaman nya yung nangyari.

Pagsakay, umandar agad ang kotse. Nakita ko mula sa bintana si Aries. Kasama nya yung Kuya nya'ng nakakatakot.

Pero wala naman ako'ng paki sa kanila. Si Yuri pa rin ang nasa isip ko. Kung pano ko sya gagantihan.

**"Nagpatalo ka na naman sa Hanamitchi na yun?"** Dad ask.

Hindi ako nakasagot. Napayuko nalang ako. I'm waiting for my Mom to say something but Dad look at him feircely.

**"I'm asking you question Keifer."** He said with authority.

**"O-opo."**

Bigla nalang binitawan ni Dad yung mga kubyertos. Tumama yun sa plato nya at sobrang ingay nun para sakin. Ayokong naririnig yun, lalo kapag galing kay Dad.

*I'm scared.*

**"H-hon... Okay lang naman yun. Mga bata----"**

**"That's the problem!"** Dad interupt Mom. **"...Kasi bata! Kasi bata! Dapat nga hangat bata matuto na sya! Dadalin nya yan hangang sa pagtanda nya!"**

I want to cry but i can't. Dad will surely get mad again if he saw me crying. I can do nothing but look down.

Natatakot ako sa kanya kapag ganyan sya. Tinignan ko sandali si Keigan. Nakatingin lang sya sakin at kita'ng kita ko ang pamumuo ng luha nya sa galid ng mata.

Even Keigan can't cry out loud. Tinignan ko yung pagkain sa harapan ko. Wala na kong gana, pero yung tingin sakin ni Mom parang nagsasabi na '*kumain kana please*'. Kahit ayoko napilitan ako'ng kuhanin yung kutsara at nag-simulang kumain.

**"Next time, make sure na mananalo ka na sa Hanamitchi na yan."** Dad said.

I nodded as a repond. But immediately want to regret that. Specially when i saw how my Mom look at me.

*Sorry.*

**"Keigan sleep here."** Keigan said while pointing out my bed.

Nawiwili na sya ng pagtulog dito sa kwarto ko. Ginagawa nya yan, everytime na natatakot sya.

**"No. Go back to your room."** I answer him.

**"Keigan don't want."** Bigla nalang sya'ng tumalon sa tabi ko at nagtalakbong ng kumot.

*What the hek?*

**"Keigan...."**

**"Keigan sleep."** He said and create a snorring sound.

*Pasaway talaga!*

Hinayaan ko nalang sya. Someone knock on my room door. I didn't say anything, i know that it was Mom. The door open and i was right.

**"How's my boys?"** She ask while smiling at me.

**"Keigan will sleep here."** Keigan said with all smile.

Mom kiss his forhead. She's about to do it on me when we heard a banging sound just outside.

**"SERINA!"** It was Dad. Shouting like a crazy man. **"WHERE THE HELL ARE YOU?!"**

I know that Mom is scared but she manage to hide it. She look at me with assurance.

**"Stay here."** Sabi nya samin. Bubuksan na sana nya yung pinto ng kwarto pero kusa ng bumukas yun.

Galit na pumasok si Dad habang may hawak na papel. Agad na yumakap sakin si Keigan.

**"What is the meaning of this?!"** Dad ask angrily while showing up the papers to Mom. **"...Ninanakawan mo ba ko?!"**

**"N-no... T-that's my money. I have the right----"**

Bigla nalang sinakal ni Dad si Mom. Pareho kaming nanginig sa takot at nabigla ni Keigan.

**"You have no right?! This is my money, wala kang pera dito!"** Galit na sabi ni Dad.

I want to help Mom, but I don't know what to do! My body is shaking and i'm just a kid.

**"N-n-nasasaktan ako K-kaizer."** Sabi ni Mom habang pilit nagpupumiglas.

**"Masasaktan ka talaga sakin!"** Sigaw ni Dad at bigla nalang sinampal si Mom.

Tuloy tuloy sya'ng bumagsak sa sahig. Pag-iyak at pagtawag lang sa kanya tanging nagawa namin.

**"Tama na Kaizer! Wag sa harap ng mga bata!"** Paki-usap ni Mom habang umiiyak.

**"I don't care!"** Panibagong sampal na naman ang binigay nya kay Mom.

**"Dad! Tama na po!"** Paki-usap ko.

**"Kaizer! Tama na please!"**

**"Mom!"**

Tumigil si Dad pero matalim na tingin ang binigay nya samin. Hinawakan nya si Mom sa buhok.

**"Gawin mo pa ulit yun at hindi lang yan ang makukuha mo sakin!"**

Binitiwan nya si Mom at agad na lumabas ng kwarto. Kinuha namin ni Keigan yung pagkakataon at tumakbo palapit sa kanya.

I hug him tight. **"Mom!"**

**"Sssshhhh... Don't cry. Okay lang si Mom."** She said while hugging as back.

I feel useless. Wala man lang akong nagawa para sa kanya. Pinanood lang namin sya'ng gawin yun kay Mom.

It's hunting me. It's a nightmare for me and Keigan. Seeing our Mom hurt by our own Dad.

Tapos wala man lang kami'ng nagawa.

**"Keifer!"** One of my classmate called me. **"...Tara! Laro tayo!"**

I shook my head and look down. I'm not in the mood to play. I need to think on what i should do when Dad do that again.

Suddenly a ball roll over my foot.

**"Keifer! Paabot naman!"** Someone shout.

I look up to see who it is. *Yuri.*

Sya na naman! Nakakainis. Sinadya ba nya'ng ibato yung bola sa side ko? Nang-iinis ba talaga sya?

I get the ball and play it in my hands. I smile to him and he smile back. Akala nya siguro nakalimutan ko na yung ginawa nya.

**"Want to play with us?"** Tanung nya.

*For what? To prove that your great in everything?*

**"Sure."** I answer quickly.

Tumingin sya sandali sa mga kalaro nya. I grab the moment. With all the force that i can give, i throw the ball straight to his face.

*Bull eyes!*

**"Yuri!"** They shout.

Tulot-tuloy sya'ng bumagsak sa lupa at agad namang lumapit yung mga kalaro nya.

**"Anung problema mo?!"** Galit na tanung nung kulay blue ang mata.

**"Paki mo."** Bored kong sagot.

Tumayo si Yuri, kasabay nun ang pag-tulo ng dugo mula sa ilong nya.

**"May dugo! Tawagin nyo si Ma'am!"**

Tinignan ni Yuri sandali yung kamay na pinamunas nya. Tinignan nya ko ng may pagtataka at galit.

**"Ano bang problema mo?"** Mahinahong nya'ng tanung sakin.

**"Nothing. I just hate your face."** I answer.

**"Salbahe ka! Isusumbong ka namin kay Ma'am!"** Sigaw na naman nung blue ang mata habang nakaturo sakin.

**"Tss... Edi isumbong mo."**

**"Aba! Ikaw----"** akmang lalapit na sana sakin yung blue yung mata pero hinarangan sya ni Yuri.

**"Hayaan mo na sya Percy... Wala kang mapapala sa pagpatol sa kanya."** Mahinahon na sabi nya.

Lalu akong nakaramdam ng inis. Anu'ng gusto nya'ng sabihin?

*Yabang!*

Lumipat ang tingin nya sakin. Wala sya'ng reakyson. Relax na relax sya kahit na dumudugo ang ilong nya.

My fist clenched. How he can do that? Being calm in the middle of this situation.

Something inside me got more mad to him. My body automatically move and run toward him. I punch his face and he fell out of the floor again.

**"Sira ulo ka!"** Sigaw nung bata'ng blue ang mata at bigla nalang nya kong sinugod.

*Bakit ba nakiki-alam ang isang to?!*

Bago pa man nya ko masaktan, inunahan ko na sya. Pero pagbagsak nya, may kamaong tumama sa muka ko.

Si Yuri! Hindi na ko nakapag-pigil pa. Gumanti ako at nagsimula na kami'ng magrambulan. Pati ibang kaklase namin nakisali na rin.

Habang nasa kalagitnaan ng away, nagulat nalang ako ng may bata'ng tumilapon sakin.

**"Aray!"** Sigaw nya.

*Aries?*

Hindi ako sigurado kung anu'ng nangyari pero hindi ko alam na nakikisali sa away si Aries.

Kusa din naman sya'ng tumayo at nakisuntok-suntok na rin. Binalikan ko si Yuri. Bahala na kung saan tumama ang nga suntok namin.

Ang mahalaga lang sakin, makaganti ako!

Sa muling pagkakataon, ibinigay ko ang buong lakas ko sa pagsuntok sa kanya. Hindi naman ako nabigo dahil nahirapan na sya'ng tumayo pagkatapos.

*Nanalo ako?! Nanalo ako! PANALO*----

**"MARK KEIFER WATSON! SA GUIDANCE OFFICE! NGAYON NA!"**

*PATAY!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 155

**Freindship**

***Keifer's POV***

*I'm Dead.*

I'm so dead. Mom will get mad at me. Dad will SURELY get mad at me. And here i am facing my penalty.

What have I done?!

**"Kainis! Kasalanan to ng isa dyan! Lakas ng loob mag-hanap ng away!"** Parinig nung Percy sakin.

Paparinig pa. Pwede naman nya sabihin ng harapan sakin, halos magkalapit lang naman kami.

**"Shut up! Kasalanan mo din to!"** Sita sa kanya ni Aries.

I don't understand. Sa dami naming nagkakagulo kanina, kaming apat lang ang pinatawag sa guidance.

**"Bakit ako?!"** Inis na tanung ni Percy.

**"Stupid! Kundi mo ko sinuntok at tinulak papunta kay Keifer hindi sana ako madadamay dito!"**

*Now i know!*

Kaya pala bigla nalang sya'ng tumilapon sakin. Yung Percy pala yung may kasalanan.

**"Sorry... Kala ko kasi ikaw yung classmate naming payat."** Kamot batok na paliwanag nya kay Aries.

Napatingin ako kay Yuri. Kalmado sya'ng nakatingin sakin. Kung kanina naiinis ako sa kanya, ngayon nahihiya na ko.

**"Bakit mo ba ginawa yun?"** Tanung nya sakin.

**"W-wala... Nainis lang ako sa muka mo. Tsaka ganti ko na rin sa huling away natin."**

Taka nya kong tinignan. **"Nag-away naba tayo?"**

**"O-oo naman!"**

Sandali sya'ng nag-isip at pilit inalala yung sinabi ko. Anu sya? May amnesia? Hindi pa nagtatagal yung huling away namin.

**"Hindi ko maalala."** Sagot nya sakin. **"...Pero kung totoo nga yun. I apologize."**

*Seriously?*

Nag-s-sorry sya kahit hindi naman nya maalala yung nangyari. Pero bakit?

**"Wag ka nga mag-sorry dyan!"** Utos ni Percy sa kanya.

**"Pero kasalanan ko naman talaga. Kundi hindi kami nag-away nung nakaraan baka hindi tayo nagkagulo ngayon."** Tinignan nya ko ulit. **"...Again, i'm sorry Keifer for what i have done."**

Lalu akong nahiya sa sarili ko. Mali yata'ng inaway ko pa sya.

**"S-sorry din. Hindi dapat ako gumawa ng eksena at nagsimula ng gulo."** Sabi ko.

Ngumiti sakin si Yuri kaya naman ganun din ang ginawa ko.

**"Sakin din mag-sorry ka!"** Utos sakin nung Percy.

Nagsalubong ang kilay ko. **"Why would i?"**

**"Nadamay kaya ako sa gulong ginawa mo!"**

**"Dinamay mo lang yung sarili mo! Si Keifer at Yuri lang talaga yung nag-away!"** Sabi ni Aries.

Tinignan sya ng masama ni Percy pero bago pa man din sya makasagot, bumukas yung pinto ng guidance office at pumasok yung councilor kasama----*what is he doing here?*

**"K-kuya..."** Tawag ni Aries.

Tinignan nya kaming lahat. Aaminin ko, may kung anong kilabot ang bumalot sakin mula sa tingin na binigay nya.

**"Mabuti at dumating ka. Hindi pa rin kasi sumasagot ang mga magulang nila."** sabi nung councilor.

**"Anu po bang nangyari?"** tanung nung Kuya ni Aries.

Tinignan ako nung guidance councilor. **"Mind to explain?"**

Umiwas ako ng tingin. Wala akong ipapaliwanag sa kanila. Panu ko naman sasabihin na nainis lang ako ng sobra kaya naghamon ako ng away? Pagnakarating din kay Mom to, sigurado ako'ng malulungkot sya.

Bigla nalang nagtaas ng kamay si Percy. **"Ako! Ako! Ako magpapaliwanag!"**

Nagpalitan kami nila Yuri ng tingin. Anu'ng ipapaliwanag nya?

**"Bigla nalang nang-away si Keifer tapos nagsuntukan sila ni Yuri tapos sumugod ako para tumulong tapos nasuntok ko si Aries tapos----"**

**"Mr. Collins! That's enough."** Awat nila.

Sandaling nag-usap yung Guidance at yung Kuya ni Aries. Gusto ko sanang makinig at alamin yung pinag-uusapan nila pero may pagkakataon na tinitignan nya ko ng masama kaya napapayuko ako.

Bigla nalang naglakad palabas yung Guidance Councilor at naiwan kaming lima sa loob. Sinara nung Kuya ni Aries yung pinto at ni-lock.

Sabay-sabay nalang kami'ng napalunok sa takot.

**"K-k-kuya A-a-angelo."** Nanginginig na tawag ni Aries.

*Angelo pala ang pangalan nya!*

Unti-unti sya'ng humarap samin at saktong paghinto nya, bigla nalang dumamba sa pwesto ko sila Yuri, Percy at Aries.

Akala ko kung anu'ng gagawin nila. Pero bigla nila kong tinulak palapit kay Angelo.

**"W-what... Stop! Don't push me!"** I shout.

**"Ikaw humarap sa kanya! Tutal ikaw nagsimula nito!"** Sigaw ni Yuri.

*What the hell?!*

Kaka-sorry lang nya sakin tapos ako tong itutulak nya.

**"Nakakatakot magalit si Kuya!"** Sigaw ni Aries.

Kaya ba nya ko tinutulak?!

**"Kaya mo na yan! Matapang ka naman!"** Sabi ni Percy.

Iisa lang ako at dahil tatlo silang nagtutulak sakin nagtagumpay silang. Halos pasubsob akong napalapit kay Angelo.

Mula sa pwesto ko, kita'ng kita ko ang pailalim na tingin nya sakin.

*B-b-bakit ba ko natatakot ng ganito?*

**"Ikaw... Yung Keifer..."** Mabagal nya'ng tanung.

**"O-o-opo."**

Tipid na tango lang ang sinagot nya sakin. Akala ko may sasabihin sya pero nanatili sya'ng tahimik.

Sandali ako'ng lumingon kila Yuri, na sana hindi ko nalang ginawa. Bigla nalang ako'ng binuhat ni Angelo at pinatiwarik.

Inalog-alog din nya ko ng parang bote ng softdrinks.

**"Aaahhhhh... Waaaaaaggggg!"** Sigaw ko.

**"Matapang kang mag-simula ng away! Ha?! Anu?! Sagot!"** Galit na sabi nya sakin.

**"TaaAaaaAmmmAaaa nAaaa pOoo!"**

Tumigil sya sa pag-alog sakin. Binaba nya ko sa sahig at dun ko naramdaman yung epekto ng ginawa nya.

Kusa nalang akong bumagsak sa pagkahilo. Pakiramdam ko din babaliktad ang sikmura mo.

I'm too young to suffer. Why is he doing this to me?

**"Sino'ng susunod?!"** Dinig kong tanung ni Angelo.

Bigla nalang nagtakbukan yung tatlo sa pintuan at nagkakalampag.

**"Ayoko pa pong mamatay!"**

**"Buksan nyo po to!"**

**"Hindi na po ako uulit!"**

Sigaw nilang tatlo. Eto na yun?! Eto na ba yung punishment namin sa nangyari'ng gulo?! Parang mas gusto ko pang ipaalam kila Mom yung nangyari kesa ganito.

*Ayoko nito!*

That's weird. Yung driver lang ni Dad ang sumundo sakin, wala si Mom. Pumasok ako sa bahay at si Keigan ang bumungad sakin.

**"Where is Mom?"** I ask him.

**"Mom sick, in bed."**

Hinawakan ko ang kamay nya at inakay sya'ng maglakad papunta sa kwarto nila Mom.

**"Dad mad again. Keigan hear shout."** He said.

Nagalit ulit si Dad? Hindi kaya sinaktan ulit nya si Mom. Binilisan ko yung paglakad at ganun din si Keigan.

Pagdating sa kwarto nila, nag-knock muna ko pero walang sumasagot. Hindi na ko nakapag-hintay kaya naman binuksan ko na yung pinto.

Keigan si right, she was in bed and sleeping. I walk toward her and look. I even touch her forehead so i can feel if she have fever. But i think her temp is fine.

**"Keifer..."** Bulong ni Mom. **"...hows your school?"**

*Oh no! I wake her up!*

**"Sorry... I didn't mean to wake you up."**

**"No, don't apologize. I'm not sleeping in the first place. I'm just resting my eyes."** She said and smile.

**"Mom, i had a fight with Yuri."**

Dahan-dahang dumilat si Mom at tinignan ako. **"What happen?"**

**"It's my fault. Gusto ko kasing makaganti pero okay na po kami. Nag-sorry na po kami sa isa't-isa. We're friends now."** I explain.

**"Please don't do that again."** Mom said sound disappointed.

**"I'm sorry. I promise I won't do that again."**

She hold my hands and smile. Something is wrong with Mom. Her eyes is not the same from the way she look at me.

I notice her neck, there is a red mark and a wound. Tinakpan agad yun ni Mom ng buhok nya ng mapansin nya'ng nakatingin ako.

**"Mag-bihis kana... Magpahanda ka ng miryenda sa mga maid."** Utos nya sakin.

I nod. **"Okay."**

He kiss my forehead before i walk away. I hold Keigan's hand and ask him to leave the room. I want Mom to have a rest.

Nag-bihis ako kagaya ng utos nya. Nakasunod pa rin sakin si Keigan.

**"New guy!"** Sigaw ni Keigan sa may bintana.

Tinignan ko yung tinuturo nya. There's a new guy? I never seen him before.

**"His name is Dylan. Keigan will play with him."** He said and run.

**"Keigan! Wait!"**

Nawala na sya sa paningin ko. Sino yun? Naka-uniform din sya kagaya ng ibang tauhan ni Dad. Kumuha ba sya ng bago? For what reason? I'm not comfortable with this guy.

**"Dylan has a tattoo and a gun."** Keigan said.

**"What?!"**

**"Keigan saw it!"**

A gun? *Why does he have that?*

**"Please... Don't talk to that Dylan again."**

**"But why?! Keigan like him."**

**"But i don't. I'm still your older brother, so follow what i said."** I said in command.

**"Okay..."**

I don't trust that Dylan guy and I heard him earlier talking to Dad. He said something about killing someone.

Mom said killing is bad. So Dylan is bad because he will kill someone.

I just hope he don't do something bad to us. Specially with my Mom and Keigan.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 156

**Strong**

***Keifer's POV***

Nightmare!

Yung ang nararanasan ko ngayon. Napapadalas na ang pananakit ni Dad kay Mom. Dumating na sa point na mabilis na syang magkasakit.

At nakakainis na wala man lang ako'ng magawa. Hindi ko lang maintindihan kung bakit nag-stay pa si Mom sa bahay na to kung ganun naman yung ginagawa sa kanya.

*Kainis!*

**"Kuya... Your friends are here."** Tawag sakin ni Keigan.

Isa pa sya! Something is wrong with him. Naging tahimik si Keigan at parang laging occupied. Sinabi ko na sa kanya na layuan nya si Dylan pero lagi ko silang nakikita na magkasama.

**"You don't want to join us?"** I ask him while dressing up.

**"No. I want to stay here with Mom."** He answer and walk away.

Gusto ko din mag-stay sa tabi ni Mom pero hindi ko magawa. Tuwing nakikita ko sya suma-sama lang ang loob ko. Bakit ba sya nag-tya-tyaga dito? Kay Dad?

Ilang beses ko na rin sya tinanung tungkol don pero iisa lang ang sagot nya. '*Magiging okay din kami ng Dad nyo*'. Which is obviously not happening.

I walk out of my room. Nasa entrance door na sila. As usual... Percy with his smiling face, Aries with his serious and Yuri with the poker face. We're been friends for more than one year now.

Lagi nila kong sinusundo dito sa house. Wala naman kasing pwedeng mag-drive samin.

Malapit na ko sa kanila when i hear a very familiar voice. **"Keifer, where do you think your going?"**

**"Out with my friends."** I answer Dad quickly.

**"Napapadalas ata ang paglabas mo?"**

**"Why? Ikukulong mo na rin ba ko dito sa bahay?"** I ask boredly.

He look at me straight in the eye. Alam kong nakakabastos yung pagsagot ko sa kanya. Pero hindi ko na kasi kaya'ng magtiis.

**"I don't like the way you talk to me."**

**"And i don't like talking to you."** I said and walk out of the house.

Sumunod naman agad sakin yung tatlo.

**"Hindi ka ba natatakot sa Dad mo?"** Aries ask me.

**"No. Why?"**

**"Kami kasi natatakot sa kanya."** Percy said and laugh.

Sana ganun kadali tawanan ang lahat. Sumakay na kami sa kotse nila Yuri. Driver nila ang madalas naming kasama sa mga ganitong galaan. Kung saan-saan lang naman kami nagpupunta.

*Basta makalayo lang sa pesteng bahay na to!*

**"Saan tayo ngayon?"** Tanung ni Yuri.

**"Punta naman tayo sa masayang lugar. Kailangan nating mag-celebrate."** Sabi ni Percy.

**"Celebrate?"**

**"Oo! Nakalimutan nyo naba kung anung araw ngayon?"** Tanung nya samin.

Nag-tinginan kami nila Aries at Yuri. Hindi kasi namin ma-gets yung sinasabi nya. Anu'ng araw nga ba ngayon?

**"Wala'ng nakaka-alala? Grabe naman kayo!"** Inis na sabi ni Percy.

**"Birthday mo ba?"** Tanung ni Aries.

Umiling agad sya. **"Anniversary natin ngayon! 2 years na tayo'ng magkakaibigan!"**

**"Ahhh..."** Sabay-sabay na sabi namin habang tumatango.

**"Anu ba yan?! Hindi ba mahalaga sa inyo pagkakaibigan natin?!"** Cross arm pa sya habang nakatingin ng diretso sa harap.

**"Anu yan? Relasyon? Binibilangan?"** Tanung ni Aries.

**"Oo! Kaya dapat i-kiss mo ko!"** Sigaw ni Percy at pilit idinidikit ang nguso nya kay Aries.

Agad namang tinulak ni Aries ang muka nya palayo. **"Yack! Stop it!"**

**"Tama na nga yan... Dun nalang tayo sa bahay. Hahaoya will cook for us."** Sabi ni Yuri at sinenyasan ang driver na paandarin na yung kotse.

Umabot na pala kami ng dalawang taon. Simula nung araw na nag-away-away kami at parusahan ni Angelo.

**"Keifer."** Dad called me.

Wala na sana akong balak magpakita sa kanya pero mukang inaabangan nya talaga ko.

**"Do you need something?"** I ask him.

**"What time is it?"**

**"I don't know. You're wearing a Rolex watch, why don't you look at----"**

**"DON'T YOU DARE TALK TO ME LIKE THAT!"** He shout angrily.

His shout gives a chill on my spine. Natatakot pa rin naman ako sa kanya, but i try to hide it.

**"...Yan ba natututunan mo sa mga barkada mo?!"**

I look away. Ngayon naman nasa mga kaibigan ko yung sisi. He keep blaming everyone. Even thought in the first place he should be the one to blame.

**"ANSWER ME KEIFER!"**

**"N-no."**

**"Hindi kaba natuturuan ng maayos ng Mom mo?! O baka naman yan ang tinuturo nya sayo?!"**

**"No! Wag mo ng idamay si Mom dito!"**

Tinignan nya ko ng masama. Mabilis sya'ng naglakad palapit sakin at ang sunod nya'ng ginawa ang hindi ko inaasahan na kaya nya'ng gawin sakin.

Malakas na sampal ang binigay nya. Kusa nalang akong bumagsak sa sahig. Ramdam na ramdam ko ang paghapdi ng gilid ng labi ko. Kasabay din nun ang pagmanhid ng pisngi ko.

Hindi ko napigilan ang luha ko at ang takot ko sa kanya.

*Tama ako!*

Kaya'ng kaya nga talaga nya kong saktan. Hindi lang si Mom, pati ako at malamang pati si Keigan.

**"YOU'RE STARTING TO DISRESPECT ME! BAKA NAKAKALIMUTAN MO KUNG SINO AKO!"** He shout at me.

Hinawakan nya ko sa kwelyo at muling sinampal sa muka.

Masakit! Sobra! Masakit yung ginagawa nya pero mas masakit na hindi man lang ako makalaban sa kanya.

**"KAIZER!"** Boses ni Mom.

Tumigil si Dad at galit na tinignan si Mom. Nakasunod sa kanya si Keigan na walang reaksyon.

**"M-mom!"**

Agad syang lumapit sakin at niyakap ako. **"Kaizer! Wag naman pati mga bata!"**

**"Kaya tumitigas ulo nyan! Kasi kinukunsinti mo!"** Dinuro-duro nya si Mom.

**"Pero hindi mo naman kailangang saktan!"**

**"At anung gagawin ko?! Pupurihin sa ginagawa nya?! Kapag yang anak mo hindi nagtino, lulumpuhin ko yan!"** Sabi nya at tuluyan ng naglakad paalis.

Yumakap ako ng mahigpit kay Mom. Nilabas ko na rin lahat ng luha na kanina ko pa tinatago.

**"Sssshhhh... Andito na si Mom. Hindi kana nya sasaktan."**

**"Mom! Umalis na tayo dito! Please!"**

**"Damn! Ginawa yan ng Dad mo?!"** Gulat na tanung ni Percy habang pinagmamasdan ang pasa ko sa muka.

**"Anu paba gusto mo? Picture para patunay?"** Sarcastic na sabi ni Aries.

He just receive a death glare from Percy.

**"Pati ikaw sinaktan na rin nya. Hindi pa ba kayo magrereklamo? Pwede'ng pwede nyong ipakulong Dad mo."** Sabi ni Yuri.

I shook my head. I wish we can do that but Mom don't want to. Kahit nakita na nya yung ginawa sakin ni Dad ayaw pa rin nya'ng umalis.

**"Kainis! Bakit ba kasi nagtitiis si Mom sa lalaki na yun?!"**

**"Hindi mo maiintindihan dahil bata ka pa."** Singit ni Angelo sa usapan. **"...Ipagdasal mo nalang na wala'ng masama'ng mangyari sa inyo ng Mom mo at ng kapatid mo."**

Hindi ko alam na nakikinig sya sa usapan namin. Akala ko andun sya sa loob ng bahay. Andito kasi kami sa labas nila Aries.

Ayaw daw kasi sya'ng payagan kaya eto kami at hangang labas lang ng bahay nila.

**"Pero panu kung hindi madaan sa dasal?"** Tanung ni Percy.

*Panu nga? Panu nalang kami?*

**"Edi daanin sa paspasan."** Dugtong ni Aries pero malakas na batok naman ang nakuha nya galing kay Angelo.

Tsk! Hindi joke ang kailangan ko. Paraan kung pano kami makaka-alis sa puder ni Dad.

Kung hindi naman kami maka-alis, sana kaya kong ipagtanggol si Mom.

**"Magsi-uwi na nga kayo! Anu'ng oras na andito pa kayo!"** Sigaw samin ni Angelo.

Seryoso ko sya'ng tinginan. **"Angelo..."** Tinignan nya ko at ng iba pa. **"...turuan mo kong maging malakas."**

**"Ha?"**

**"Gusto kong maging malakas! If Mom don't want to leave Dad, then i'll find a way to defend her! So please! Help me!"** Paki-usap ko.

Nag-cross arm sya at humarap sakin. Halata'ng hindi sya natuwa sa sinabi ko.

Minsan ko na sya'n nakita'ng lumaban sa maraming tao. Nag-iisa lang sya pero nagawa nya silang pabagsakin. Hindi biro yun! At yung ang gusto kong matutunan.

**"Hindi ganun yun. Hindi kita matuturuan."** Seryoso'ng sabi nya sakin.

**"Turuan mo nalang ako lumaban!"** Pagpipilit ko. **"...Please! Angelo!"**

**"Keifer----"**

**"Kami din!"** Singit ni Percy.

**"Dapat kami din!"** Sabi ni Aries.

**"TUMIGIL NGA KAYO!"** Galit na sigaw nya samin. **"...Wala akong tuturuan! Magsi-uwi na kayo!"**

Bigla nalang syang pumasok sa loob at padabog na sinara yung gate. Naiwan kaming naka-tanga sa labas.

**"Kung ayaw nya tayong turuan, tayo nalang. May Karate school malapit samin."** Sabi ni Percy.

Masyado'ng matagal tong Karate na to. Puro basic lang naman lang tinuturo nila. Masyado pa daw maaga at mura pa daw ang katawan namin para turuan kami ng mabibigat na tricks.

*Kaasar!*

Kailangan ko ng mabilisan. Panu saktan na naman kami ni Dad?

Pabagsak ako'ng humiga sa kama. Halos gumulong ako sa sobrang inis. Pero dala na rin ng pagod, kusang bumagsak ang mata ko at nakatulog ng mabilis.

Hindi ko alam kung ganu na ko katagal natutulog pero isang tinig ang gumising sakin.

**"Keifer... Wake up..."**

**"Mom?"**

**"Get up please... Kunin mo yung mga gamit mo."** Utos nya at tuloy-tuloy na pumasok sa walk in closet ko.

Bumangon ako at kinusot ang mata ko. Dun ko nakita ng maayos si Keigan at si Mom na kinikuha ang mga gamit ko.

**"W-what are you doing?"**

**"We're leaving..."** Mabilis na sagot ni Keigan.

*Leaving?*

Nanaginip ba ko? Totoo ba to? Aalis na kami?

**"Please Keifer... Get up and help us."** Sabi ni Mom.

Agad akong tumayo at tumulong sa kanila. Wala akong planong dalhin lahat. Kinuha ko lang yung mahahalaga at iniwanan yung mga hindi naman kailangan.

Gusto ko ng makaalis dito agad. Eto na yung gusto kong mangyari. Natupad na!

Agad kaming lumabas dala-dala ang mga gamit namin. Tinulungan kami ng ibang maid at butler para mailabas at maisakay yung gamit sa kotse.

**"Mom... Anu po bang nangyayari? Bakit po tayo aalis?"** I ask.

Hindi sumagot si Mom kaya tumahimik nalang ako. Baka kasi ayaw pa nya'ng sabihin sakin yung totoo.

**"I had enough with your Dad."** She said that make me stop and look at her. **"...Inisip kong mabuti yung ginawa nya sayo. And i can't forgive myself for letting him do that to you."**

Kita ko ang pagpunas ni Mom ng luha nya. It hurt more than the slap that Dad gave to me. And i hate myself for seeing her like this.

**"I'm sorry Mom."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 157

**Keiren**

***Keifer's POV***

New house. Hindi to kapareho ng dati naming bahay pero malaki din. Mas malaki nga lang yung dati.

**"Mom... Who lives here?"** Keigan ask.

**"No one. It's use to be my parents house but they are dead."** Mom answer.

Huminto si Mom sa garahe. Ang lawak ng harap ng bahay. Dalawang babae at lalaki ang sumalubong samin.

**"Good Morning po Ma'am Serina!"** Bati nila kay Mom pagbaba namin ng kotse.

**"Good Morning din. Okay na po ba yung mga kwarto?"**

Sandali pang nag-usap si yung babae at si Mom. Kinuha naman nung dalawa'ng lalaki yung mga bag namin sa kotse.

**"Kuya..."** Tawag sakin ni Keigan. **"...Do you think there's a ghost here?"**

I shook my head. **"Ghost are not real."**

Tapos ng mag-usap si Mom at yung babae. Sinenyasan nya kaming pumasok na. Sumunod naman kami. Sa totoo lang, ngayon ko lang na-reliaze na ang laki ng bahay para saming lahat.

Hinatid kami ni Mom sa magiging kwarto namin. Hindi rin to kalakihan kagaya sa dati kong kwarto pero mas gusto ko to.

Nakita ko si Keigan na nakatayo sa pinto ng kwarto ko.

**"Do you want to sleep here?"** I ask him.

Nag-nod naman sya at agad na lumapit sakin at humiga sa kama. Pero kahit pagod ako, hindi ko magawa'ng makatulog. Naninibago ako sa maraming bagay.

One question keep running in my mind. *What now?*

**"Angas ng bahay nyo!"** Percy said gladly.

**"Psh! Bata..."** Komento ni Yuri sa kanya.

Tinignan ko yung likod nila. Kulang kasi, wala si Aries.

**"Wala sya."** Sabi ni Yuri ng mapansin nya'ng hinahanap ko yung wala sa kanila.

**"Bakit? Saan nagpunta?"**

**"Umuwi ng probinsya buong pamilya nila. May nangyari daw dun sa pinsan nya----*anu nga ulit pangalan nun?*----Jay-R? Jayson? Tsk! Basta may J!"** Percy explain.

May pinsan pala sya? Wala naman kasi sya'ng nababanggit. Anyways, hinayaan ko nalang. Inaya ko silang pumasok sa loob.

Maraming maid at butler ang naglilinis. Binalik ni Mom yung mga dati nilang katulong para may makasama kami sa bahay.

**"Saan tayo pupunta?"** Percy ask.

**"I want to show you something."** I answer and continue walking.

Dumiretso kami sa basement ng bahay at huminto sa tapat ng isang pinto. I open the door and it reviel my discovery.

*Instant tambayan!*

Kompleto ang kwarto na to. Billiard table, bar at the corner, sofa set and flat screen tv. Papalagyan ko nalang siguro ng malaking speaker at game console ang lugar na to.

Bigla nalang pumalakpak sa tuwa si Percy. **"Bro! Birthday ko naba?! Bakit mo ko nireregaluhan?!"**

**"Tss... This is for all of us. Not just for you."** I said while shaking my head.

**"Panira ka ng moment sana sinakyan mo nalang."** Sabi nya at tuloy tuloy na pumasok.

Hinayaan lang namin sya ni Yuri. Naiwan kaming nakatayo sa pinto habang pinag-mamasdan sya.

**"How is your Mom?"** Yuri ask me.

**"She's fine. A bit busy because of this house."**

**"How about Keigan?"**

I pause. How is Keigan? He's not alright. Something is wrong with him.

**"I'm not sure."**

**"Anu na palang balak nyo sa Dad nyo?"** Singit ni Percy sa usapan.

**"Hindi pa kami nag-uusap ni Mom tungkol dyan."**

I knock at my Mom's room door. No one is answer so I open it. Wala sya sa kama nya kaya naglakad ako palapit sa walk in closet nya, thinking that maybe she is there. Pero hindi pa ko nakakahakbang ng marinig ko'ng may sumusuka sa banyo.

**"Mom!"** I shout while running toward the restroom. **"...Mom! May problema ba?"**

I keep knocking the door pero hindi sya sumasagot. Nag-uumpisa na kong matakot sa nangyayari sa kanya.

May ilang minuto din siguro akong nakatayo lang don ng kusang bumukas ang pinto. Nakangiting humarap sakin si Mom.

**"Okay lang ako."** Bungad nya sakin.

**"Kelan pa po naging okay ang pagsuka? Pumunta na po tayo sa ospital."**

She shook her head and smile. **"Galing na ko don."**

**"You do? Anung sabi nila?"** I ask worriedly.

Kahit wala na kami sa puder ng lalaking yun, nag-aalala pa rin ako sa kanya. Minsan kasi mas pinipili nya'ng tumahimik kesa sabihin samin yung nararamdaman nya.

**"Normal lang daw yun. Specially sa 2 weeks na buntis."**

*Buntis?*

Speechless. That's what i am. I don't know what to say. Not that I'm not happy, it's just that I'm a bit shock.

Mom suddeny laugh at me. **"Yung itsura mo anak. Ayaw mo ba magkaroon ng kapatid?"**

I shook my head. **"Not that i don't want to. But.... I.... I... Don't exactly know what to say."** I force a smile.

She hug me tight. **"Please... Help me take care of your new brother."**

I hug her back. **"I will."**

Ang laki ng tyan ni Mom. Ganun pala ang pagbubuntis. Then in a few months lalabas na yung baby.

**"Kelan po kayo manganganak?"** Keigan ask Mom.

**"In two months."** She answer with all smile. **"...Are you excited to see Keiren?"**

I look at her confuse. **"Keiren?"**

**"That will be your Baby Brother's name. Mike Keiren Watson."**

Nice name. Pero ang weird lang. Feeling ko obsess si Mom sa initial M and K.

My name is Mark Keifer, while Keigan is Mir Keigan then my new Baby Brother Mike Keiren. What's with the M and K?

One of the maid walk toward Mom and whisper to her ear. Mom nodded and force a smile.

**"May problema po ba?"** I ask her.

Tumayo sya at sinenyasan nya kami'ng sumunod. May kakaiba sa pakiramdam ko. Para bang hindi ko magugustuhan to.

Dumiretso kami sa lobby ng bahay. Bumukas ang pinto at laking gulat ko ng pumasok ang pinaka-kinamumuhian kong tao.

**"Anu'ng ginagawa nya dito?!"** Galit na tanung ko.

**"Keifer... That's still your Dad."**

I look at him furiously. What is he doing here?! Hindi na dapat sya nagpunta dito! I hate him.

**"What do you need from us?!"**

**"Gusto ko lang mabuo ulit ang pamilya natin, magkakaroon na tayo ng bagong myembro kaya----"**

**"No!"** Sigaw ko. **"...Hindi ka welcome dito! Kaya umalis kana!"**

**"Keifer!"** Sita sakin ni Mom. **"...Don't talk to your Dad like that!"**

**"Mom! Please... Don't let this guy hurt us again."**

**"I won't Keifer."** Singit nya sa usapan namin. **"...I apologize for what i have done before."**

*Apologize?!*

Ganun nalang yun? Sa lahat ng pananakit nya kay Mom sakin or kay Keigan? Apoligize?!

**"I will never accept your apologize----"**

**"Keifer! Hindi kita tinuruan ng ganyang asal!"** Galit na sabi ni Mom.

Napatingin ako sa kamay nya. Bigla nalang kasi humigpit ang hawak nya sa tyan nya. Ayoko'ng magalit si Mom, hindi maganda para sa kanya at kay Keiren. Baka kung anu'ng mangyari sa kanila.

**"S-sorry Mom."**

**"Apologize to your Dad."** Utos nya.

*NO!*

Tinignan ko si Mom ng may pakiki-usap. Ayoko! Hindi ko gagawin yun!

*Please Mom!*

**"Keifer... Apologize to your Dad."** Pag-uulit nya.

Nag-kuyom ang kamao ko. *Nakakainis!*

**"I-I'm sorry... *Dad.*"**

He win the war between us. He smile at me and spread her arms for a hug. Nang-manpansin nya'ng hindi ako gumagalaw, sya na ang lumapit at niyakap ako.

But i didn't hug him back. *NEVER!*

This will be the last time that i will apologize. Hindi'ng hindi ko na ibaba ang sarili ko ng ganun. Mark my word!

Pinili kong magkulong sa kwarto. Hindi ako makatagal na nakikita sila. Minsan pumupunta dito sila Yuri at Percy pero hindi rin sila nag-tatagal.

Gustohin ko mang mag-stay para bantayan si Mom, hindi ko magawa.

**"You can leave the house if you want to."** Keigan said while standing at my door. **"...Tutal yun naman talaga ang gusto mong gawin."**

**"What do you mean by that?"** Inis na tanung ko sa kanya.

Hindi sya sumagot. Lumakad na sya paalis. May kakaiba talaga kay Keigan, hindi ko alam kung anu yun pero akala ko nung lumipat kami okay na sya. Tapos ngayon eto na naman.

Pero napa-isip ako. Totoo naman yung sinabi nya, ayokong magstay dito sa bahay. Kinuha ko yung cellphone ko at tinext sila Aries.

Ang ikinaganda ng bahay na to, malapit lang ako sa kanila. Kahit taxi masusundo ako.

Nagbihis ako at agad na lumabas ng kwarto. Nasulubong ko pa si Keigan pero nilagpasan ko lang sya.

Kahit naman ayain ko sya, hindi rin sya sasama.

**"Where do you think your going?"**

Marinig ko lang ang boses nya, lalung nagmamadali ang paa ko sa paghakbang pero huminto ako para harapin sya.

**"Out with my friends."** Bored kong sagot.

**"Hangang dito ba naman?"**

Hindi ako sumagot. Tinitigan ko sya ng diretso. Kung wala ka dito malamang hindi ako aalis.

**"...If I can't stop you, then fine. Go!"**

Hindi ko sumagot at agad na umalis ng bahay. Sa sobrang inis ko, nasipa ko nalang yung paso sa gilid.

*Nakakainis! Malalabanan din kita! Tandaan mo yan!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 158

**Boss**

***Keifer's POV***

**"Ayun si Boss!"** Sigaw ni Percy habang nakaturo sa grupo ng kalalakihan na nakikipag-away.

Si Angelo ang tinutukoy nya'ng Boss. I don't know where is that come from but it all started when he save us from a gang war.... again.

But honestly, i only call him Boss when i need something.

**"Tutulungan na ba natin sya?"** Tanung ni Yuri.

**"Hindi na. Kaya na ni Kuya yan."** Aries said.

Binalik ko yung tingin ko kay Angelo. Yan ba yung '*Kaya*'? Halos hinakain na sa pakikipag-away.

**"Tara na... Nangangati yung kamay ko na makipag-away."** Aya ko sa kanila at agad na nakisali sa pakikipag-away.

Sumunod naman sila sakin. Away ewan lang naman ang ginagawa namin. We already know how to fight back but that's not enough.

**"Anu'ng ginagawa nyo dito?!"** Galit na tanung nya samin.

**"Nakikisali sa away mo!"** Sagot ni Percy.

**"What the fvck?! Magsi-uwi nga kayo!"** Utos nya samin.

Hindi namin sya pinansin at nagpatuloy sa pakikisali sa away nya. Eto na ang naging buhay ko sa labas ng bahay. Mas gusto ko to kesa mag-stay sa bahay at makita yung pag-mumuka ng lalaking yun.

**"Aaarrgghhhh! Masakit!"** Sigaw ni Percy at Aries.

Batak-batak kasi ni Angelo ang patilya nila. As usual, kinakagalitan na naman nya kami dahil sa pagsali namin sa away nya. Dahil sa Percy at Aries ang nagdala samin sa kanya, sila ang unang kinagalitan.

**"Ang titigas ng ulo nyo!"** Sigaw ni Angelo sa kanila.

Tinignan nya kami ni Yuri kaya agad kaming umiwas. Hindi sa natatakot ako pero baka kasi-----*shit!*

**"Bakit kailangan mong mambatok?!"**

Napatingin ako kay Yuri na naghihimas din ng batok. Napaka-bilis nya, kanina lang hawak nya yung dalawa tapos ngayon nasa likod na namin sya.

**"Sinabi ko na sa inyo! Wala kayong mapapala sa pakikipag-away! Mag-aral kayong mabuti!"** Sermon nya samin.

*Tss*..

Ayokong mag-aral. Mas gusto ko sa labas ng school, kung saan ko matutunan lumaban.

**"Kaya naman namin lumaban kasabay ng pag-aaral!"** Pasigaw na sagot ni Percy kaya nakakuha sya ng masamang titig.

Magsasalita na sana si Angelo pero may biglang tumunog na cellphone. Pare-pareho naming kinuha yung mga cellphone namin pero isa lang ang nagsalita ng '*Hello*'.

**"...Kamusta mahal?"** Tanung ni Percy sa kausap nya.

*Mahal?!*

**"...Kumain ka ng maayos ah? Lumayo-layo ka sa mga classmate mong lalaki. Lulumpuhin ko sila, sige ka!"**

Habang nakikipag-usap sya, hindi namin maiwasan na itaas ang mga kilay namin. *Nakakadiri!*

Ngayon ko lang narinig ng ganito si Percy.

**"...ingat ka! I love you! *Ahihi.*"** Sabi nya at tuluyan ng pinatay ang tawag.

Ngiti'ng ngiti pa sya habang tinitignan ang cellphone nya. He look so weird. Hindi ko expect na ganito sya kapag naka-girlfriend. Parang ayoko magka-girlfriend kung magiging ganyan ako.

**"May girlfriend ka pala?"** Tanung ni Aries.

Seryoso sya'ng tinignan ni Percy. **"Sorry Bro..."** Hinawakan pa nya ang balikat nito. **"...Wala talaga tayong pag-asa. Babae talaga gusto ko."**

Malakas na batok naman ang sinagot sa kanya ni Aries. **"Gago! Hindi kita gusto! At hindi ako BAKLA!"**

Napapailing nalang kami sa inaasal nya. Pakiramdam ko lalung lumalala ang kakulitan ni Percy.

For the a second time, someone's phone ring and this time it's not Percy's.

*It was mine.*

**"Hello?"**

**["*You need to go home... Now!*"]** It was Keigan.

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. He ended the call without saying why. But for some reason i know that this is about Mom and that guy.

I come home as soon as i can. Dumiretso agad ako sa kwarto nila Mom. Medyo malayo pa ko pero dinig na dinig ko na ang malakas na sigaw ng lalaki'ng yun at mga nababasag na gamit.

My heart bit so fast. I feel nervous and scared for my Mom. I run and immediately open the door.

**"...I TOLD YOU! THAT'S MY MONEY!"** He shout while holding my Mom's hair.

May pasa at dugo sa labi si Mom. Hindi na ko nakapag-pigil at agad na lumapit sa kanila. Buong lakas ko sya'ng tinulak.

Nabitawan nya si Mom pero ako naman ang pinagdiskitahan nya. Malakas na sampal ang binigay nya sakin.

*Damn it!*

**"ISA KA PA!"** He shout at me.

**"K-kaizer... Wag si Keifer!"** Mom shout while crying.

It makes me feel more angry. I don't wan't to see her cry again.

*Mom!*

**"WALA AKO'NG PAKI! IBALIK MO SAKIN ANG PERA KO!"**

**"That is not yours. Para yun sa mga bata! Alam mo yun."** Sagot ni Mom sa kanya.

Pera na naman! Yan lang ba mahalaga sa kanya? Kaya nya ba kami nagagawang saktan? Nang dahil lang dun. Bakit ba ganyan sya?

**"M-muka kang pera!"** Pilit kong sigaw habang tumatayo.

**"What did you said?!"** Tinignan nya ko ng masama. **"...WHAT DID YOU SAID?!"**

**"Muka kang----"** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko.

Malakas na suntok ang tumama sa muka ko. Tumilapon ako, kasabay din non ang pagkahilo ko. Halos, mamanhid ang panga ko sa ginawa nya.

**"KEIFER!"** Mom shout. **"...Kaizer! Maawa ka sa anak mo!"**

**"Wag kang makikialam dito! Puno'ng puno na ko sa bata'ng yan!"**

Sinubukan kong tumayo pero nanginginig ang buo kong katawan. Bigla nalang nya kong sinipa sa tyan. Kulang nalang isuka ko lahat dahil sa ginawa nya.

**"Argh!"**

**"Kaizer! Tama na!"**

Panibagong sipa na naman ang binigay nya. Nasundan pa ulit yun ng dalawa o higit pa. Kahit pagsalag sa mga sipa nya hindi ko magawa sa panghihina.

**"Anak lang kita! Kung maka-pagsalita ka! Akala mo kung sino ka! Anu bang pinagmamalaki mo?!"** Sabi nya habang patuloy sa ginagawa.

Ito yun! Yun lagi kong pinaghahandaan, para mapagtanggol ko si Mom sa kanya. Halos lahat ata ng away kalye sinalihan ko na.

Pero bakit wala akong magawa? Hanggang pagtanggap sa mga sipa nya ang nagagawa ko.

Bigla nalang ako'ng nakarinig ng nabasag na bagay. Kasabay din non ang pagtigil nya sa pagsipa sakin. Tinignan ko sya at nakita ko na lang ang pagbagsak nya habang nakahawak sa ulo nya.

*Si Mom!*

Lumapit sya sakin at pilit akong tinatayo. **"Umalis kana! Ako ng bahala sa Dad mo!"**

**"H-hindi! Ayoko Mom! Hindi kita iiwan dito!"**

**"Umalis kana!"**

**"Hindi-----MOM!!"** Halos maubos ang boses sa pagsigaw.

Bigla nalang kasi sya'ng sinabunutan ng halimaw na yun. Galit na galit ang itsura nya.

Pinilit kong tumayo pero sobra ang panginginig ng katawan ko dahil sa mga sipa nya.

**"Pagod na pagod na ko sayong babae ka!"** Sabi nya at bigla nalang hinampas ang ulo ni Mom sa pader.

**"WAG!"**

May ilang beses nya pang ginawa yun. Hanggang sa bigla nalang bumagsak ang katawan ni Mom. Nakadilat sya at nakatingin sakin.

**"M-mom..."** Tawag ko sa kanya.

Wala akong nakuha'ng sagot. Dahil hindi ako makatayo, pinilit ko nalang gumapang palapit sa kanya.

Sa bawat segundo'ng umaandar, lalong bumibilis ang tibok ng puso ko. *Wag naman sana*! Sa paglapit ko sa kanya, kita'ng kita ko ang pagpatak ng luha nya.

Hinawakan ko sya sa pisngi. **"Mom... Please... A-answer me."**

May lumabas na dugo mula sa ilong nya. Sobra ang takot ko na makita ko yun. Kaya tinapik ko sya para gisingin kung tulog man sya o nawalan ng malay.

**"Mom! Please!"**

Pero hindi na sya sumasagot. Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko.

*Kasalanan ko to!*

Nalaglag sa hagdan.... Ang pinaka-tanga at pinaka-bobong dahilan ng kamatayan para sakin. Lalu na para kay Mom.

Yun ang sinabing dahilan ng hayop na yun. Pinaniwalaan naman ng mga tanga at walang utak na pulis at doctor.

*Internal Hemorrhage*.

Yun ang kinamatay ni Mom. Pakiramdam ko, kasalanan ko lahat. Hindi ko man lang sya naipagtanggol sa lalaking yun.

**"Kuya... Where is Mom?"** Keiren ask me.

Yan ang pinaka-masakit na tanung na narinig ko galing kay Keiren. May ilang beses na nyang tinatanung sakin yan. Pero hindi ko masagot ng maayos.

**"She is in the better place now."** Keigan answer and force a smile.

Napaka-hirap para sakin nito. Sobrang hirap!

**"Keifer..."** Someone called me.

It was Aries with Angelo and their Mom.

**"I'm sorry about what happen to your Mom. If you need something we're always here for you."** Sabi ni Mom nila.

I force a smile and nod. **"Thank you."**

Kasunod nila ang pamilya ni Percy. Hawak ng Nanay nila ang 1 year old na kapatid nya'ng babae. Katabi naman nya ang stepbrother nya'ng si Felix.

**"Pre..."** Sabi nya sabay tapik sa braso ko. **"...Kayo lang ang libing na may handang salad."**

*Facepalm!*

Malakas na batok ang nakuha nya galing kay Felix. **"Wala sa lugar yung pagbibiro mo."**

Kung hindi ko lang kaibigan tong nagkapatid na to. Ako na mismo ang magpapalayas sa kanila.

**"Pagpasensyahan mo na tong si Percy."** Sabi ng Nanay nya.

**"Okay lang po. Sanay na."**

Umalis na sila sa harapan ko. Sumunod naman ang pamilya ni Yuri. Agad na yumakap si Yoichi kay Keiren.

**"I'm always here for you Keiren."** Sabi nya.

Halata'ng naguguluhan si Keiren kaya pilit nya'ng tinulak si Yoichi palayo. Pero mahigpit ang yakap nito.

**"If you need help with your brothers, we're here for you."** Sabi ni Tita Yakito.

**"Thank you."**

Napatingin ako sa isang lalaki'ng kakadating lang. Hindi sya pamilyar sakin kagaya ng ibang tao dito pero may iba sa kanya.

May dala sya'ng briefcase. Parang meron din sya'ng hinahanap.

Nagpaalam ako sandali sa pamilya ni Yuri. Nilapitan ko yung lalaki pero saktong pagtapat ko sa kanya at paglapit din sa kanya ng halimaw.

**"Mr. Brian Ryder..."** Tawag nya dito. **"...Napaaga ang dating mo. I'm expecting to see you next week."**

Tinignan sya nung lalaking tinawag nya'ng Brian Ryder. **"Because i need to speak with your son. *Urgently*."**

*Son? Ako ba yung tinutukoy nya?!*

**"I understand... Dito tayo."** Aya sa kanya pero hindi sya gumalaw.

Tinignan nya ko. **"I need to speak to your son...."** Binalik nya ang tingin sa kaharap nya. **"*...Only.*"**

*W-why me?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

OceanofPDF.com

# Chapter 159

**Death wish**

***Keifer's POV***

*I don't understand!*

**"H-how is this happen?"** I ask Mr. Ryder.

I have Millions----*No!* Billions of Money that i never knew.

Ang hindi ko maintindihan, pati Lolo't Lola ko na matagal ng patay iniwanan din ako ng mana. Hindi pa ko nabubuhay sa mundo'ng to pero may pera ng nakalaan para sakin.

**"Let say that your Grand Parents don't trust your Dad. Kaya sumugal sila sa magiging apo nila."** Paliwanag nya sakin.

**"P-pero... I... I..."**

**"Speechless? Then let me explain everything to you."**

Napatingin ako sa kanya ng kuhanin nya lahat ng papel na hawak ko. Umupo sya sa tapat ko.

**"100% of your Grand Parents asset and liabilities are all named after you. Your Mother's asset and liabilities is also named after you and your brothers..."** Tinignan nya ko sandali at tinuloy ang sasabihin nya. **"...Your Dad has no right to this or to your properties and your brothers as well."**

Parang ayaw tanggapin ng isip ko yung mga sinasabi niya. Sakin iniwan ang lahat ng to?

**"But..."** He said that make me stop. **"...You'll have a full access to this."** He raised the papers. **"...Once you reach the legal age of 18 years old."**

Sumasakit ang ulo ko. Napakalaki ng pera'ng to. Saan ko gagamitin to? Hindi ko alam kung kaya ko ngang humawak ng ganito kalaking halaga.

**"Keifer?"** Tawag nya sakin.

**"S-sorry... I just... I can't believe this."** I said and brush my hair using my hands. **"...I don't know if i can manage this."**

Tinignan ko pa yung ibang papel na nasa lamesa. Lalu ako'ng natigilan ng makita ko ang mga nakalagay don.

**"W-what is this?! Company? Anu'ng kumpanya?! Bakit sakin din nakapangalan to?!"** I ask in shock.

Anu ba to?! Hindi ko na kaya.... Pakiramdam ko sasabog ang utak ko sa mga to.

**"It looks like your not ready for this."** Sabi ni Mr. Ryder at inayos lahat ng mga papel. **"...I knew your too young but your mother insisted this to me."**

**"My Mom?"**

He look at me seriously. **"Your Mom is a friend of mine. Four years ago, at the exact date of your brothers birth----which is Keiren----he called me and talk about her last will and testament."**

She did that, but why?

**"...She is worried about you and your brothers. She knew that your Dad will never take cared of you once he get what he want."**

It makes me more depress. All this time, Mom knew what might happen. Her life is at risk and where am i? Outside the house avoiding them.

I'm useless. Wala ako'ng kwentang anak. Hinayaan ko lang na mangyari sa kanya to tapos hindi ko naman din sya natulungan sa huli.

**"Mom..."** I whisper.

May inabot sya'ng maliit na papel sakin. **"Call me if your ready."**

**"Asan yung Ama mo?!"** Inis na tanung ko kay Keigan.

**"N-nasa kwarto nya. Meron sya'ng kasama."**

Napahawak ako sa sintido ko. Alam kong ibig nya'n sabihin. Mabilis akong naglakad papunta sa guest room kung saan nya madalas dinadala ang bisita nya.

Hindi na ko kumatok at agad na binuksan ang pinto. Kagaya inaasahan, naabutan ko sila sa hindi maganda'ng eksena.

**"Keifer! Don't you know how to knock?!"** Inis na sabi nya sakin.

Agad na tinakpan ng babae'ng kasama nya ang sarili gamit ang kumot. Napataas ang isang kilay ko. Napaka-bata ng muka ng babae. Muka lang sya'ng 18 o mas bata pa.

**"Ikaw! Hindi kaba marunong rumispeto?! Wala pang isang buwan na nailibing si Mom!"** Galit na sagot ko sa kanya.

**"So? She is dead. Hindi na sya mabubuhay kahit anung gawin mo!"**

Yeah! She is dead because of you! Padabog kong sinara ang pinto. Nasuntok ko nalang ang pader sa sobrang inis.

Bakit ba kasi si Mom ang nawala samin? Bakit hindi nalang sya? Sobrang nakakainis! Hindi ko na kaya'ng magtiis sa kanya.

Agad akong pumunta sa kwarto ko. Naibato ko nalang ang ilan sa mga gamit ko. Bakit ba kasi sya pa ang naging Ama ko?

Napaupo ako sa sahig sa gilid ng kama. May ilang beses kong nasabunutan ang sarili ko.

*Mom! I don't know what to do!*

Then i remember something or should i say someone. Agad kong hinanap ang calling card na iniwan nya sakin.

Hindi naman ako nahirapan dahil sa study table ko lang yun. Mabilis kong tinawagan yung number.

**["*Hello?*"]** Sagot nya mula sa kabilang linya.

**"Mr. Ryder... It's me, Keifer."**

**["*I guess your ready.*"]**

*I'm not fvcking ready!*

Mas komplikado pa to kesa sa iniisip ko. Pakiramdam ko mababaliw ako. I'm a teenager but i feel like 30's because of this information.

**"...Do you understand?"** Mr. Ryder ask.

**"Hmmm... Yes?"**

Napabuntong hininga si Mr. Ryder. **"Let's start all over again."**

Kinuha nya lahat ng papel sa lamesa. Pati yung hawak ko, kinuha din nya.

Binaba nya ang isang papel sa harap ko. **"This is your total asset and liabilities."** Nagbaba ulit sya ng panibagong papel. **"...This is the monthly earn of the Watson Enterprise. Kahit hindi ka magtrabaho, sayo pa rin ang bagsak ng kita ng kumpanya."**

Naiintindihan ko na yung part na to. Kahit wala akong gawin, sakin papasok ang kita ng kumpanya.

Nagbaba na naman sya ng panibagong papel. **"This is the only amount that you will recieve every month. Since you don't have the full access yet."**

**"Okay... Like an allowance."** I said to him.

He nodded at me. **"You can consider it as an allowance."**

Tinignan ko yung huling papel na binaba nya. Nanlaki ang mata ko. Consider as an allowance? Joke ba to? Sinong tao ang may allowance na 200k every month?

Tinignan ko din yung kila Keigan at Keiren. Maliit yung sa kanila, siguro dahil mas bata pa sila. Pero bakit sakin din ang bagsak ng pera nila?

**"Bakit po sakin parin ang punta ng pera nila?"**

**"Dahil nasa puder mo sila. Unless nalang balak mong ipaalaga ang mga kapatid mo sa iba, sa kanila namin ipapadala ang pera."**

I understand. Marami pa sya'ng ipinaliwanag sakin. Nalaman ko din, na kahit sakin naka-pangalan ang lahat may chances pa rin na makakuha ng access yung halimaw. Lalu na sa pera nila Keigan at Keiren.

Pero hindi lang naman yun ang inaalala ko at gusto kong malaman.

**"May karapatan po ba kong magpalayas sa bahay na to?"**

He look at me confuse. **"Yes... This house is name after you."**

**"Kahit sya?"**

Alam nya kung sinong tinutukoy ko. Hindi na ko makakatagal na andito sya sa bahay at kasama namin. He disrespect my Mom. Wala pang 40days pero nagdala na kagad sya ng babae.

**"Alam mo naman siguro na wala ka pang legal age. Under the law, kailangan mo ng gaurdian."** Paliwanag nya sakin.

Alam kong sasabihin nya yan. Start from the time that i called him, i keep thinking about it.

**"Panu kung sa last will ni Mom, ibinigay nya ang custody sa iba?"**

**"Wala yun sa last will ng Mom mo."**

I look at him seriously. **"Wala nga ba?"**

He sit up straight and cleared his throat. **"I don't like what you're thinking."**

**"Nowadays, everything can be fake."** I said and run my hands on the paper. **"...Name it after one of the trusted maid and butler of my Mom."**

**"Keifer... You know----"**

**"I know. Alam ko din na pwede tayong makasuhan."** I smirked. **"...But what's the use of law when you have money."**

No one dare to question my Mom's death because that Monster has a lot of money. He played dirty, so am i.

**"...I need to fight back. Kung hindi ko sya malabanan ng pisikalan. Dadaanin ko sa ibang paraan."**

Mas makapangyarihan ang last will and testament. Kaya'ng kaya nitong baliin ang ilan sa mga batas.

Huminga ng malalim si Mr. Ryder. Alam kong alam nya ang paghihirap ni Mom. Sya lang ang pag-asa ko, sya lang ang makakatulong sakin dito.

**"As you wish Mr. Watson."** Sagot nya sakin.

Hindi sana ito ang paraan na gusto ko, pero kailangan. Para kay Mom at sa mga kapatid ko.

**"Kuya!"** Keiren shout.

I just came home from school. I was confuse when he run toward me crying.

**"What happen?"**

**"Si Dad! Umalis sya... Sinama nya si Keigan!"**

I look at one of the maid. **"Is that true?!"**

**"Opo... Sir. Dala po nya yung mga gamit ni Keigan."** Sagot nya sakin habang nakayuko.

**"At wala man lang kayong ginawa?!"** Galit na tanung ko.

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko sa sobrang galit. Agad kong kinuha ang phone ko at tinawagan si Mr. Ryder.

**["*Keifer?*"]**

**"Hawak nya si Keigan! Kinuha nya si Keigan sakin!"** I shout out of frustration.

**["*Relax... Baka naman nag-out of town lang or business trip.*"]**

**"No! You don't understand. Alam na nya na wala syang makukuha sa mana! He kidnapped my brother!"**

Halos maluha ako sa mga sinasabi ko. Alam kong may balak sya. Hindi pwedeng wala. Panu kung may gawin din sya kay Keigan?

**["*Huminga ka muna Keifer. Papunta na ko dyan.*"]** He said and ended the call.

Tinignan ko ng masama ang mga maid at butler. **"MGA WALA KAYO'NG KWENTA! UMALIS KAYO SA HARAPAN KO!"**

Napatingin ako kay Keiren na umiiyak pa rin. Nilapitan ko sya at niyakap. Kailan ba sya titigil sa pagpapahirap samin?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 160

**Know**

***Keifer's POV***

***Present....***

Umiiyak sya. Gusto kong sya'ng yakapin at patahanin pero mas nanaig sakin ang pagtataka.

*Seriously?*

What the hell is wrong with this girl? I told the story of my past because i trusted her but i never expect that she will cry.

**"S-sorry... H-hindi ko lang mapigilan."** Jay-jay said.

I look away and scratch the back of my head. **"Please... Stop crying Jay."**

Pero lalo lang lumakas ang iyak nya. Nasampal ko nalang ang noo ko.

**"Jay..."**

**"A-ang tapang mo."** She said that make me stop and look at her. **"...Akala ko. Worse na yung kwento ng buhay ko. Pero mas malala pa pala yung sayo."**

*Pity....*

What most people say or give to me. Which i don't like and never like. Akala ko yun din ang ibibigay nya sakin. Hindi ko inaasahan ang sinabi nya.

I hold her cheek and wipe her tears. **"Thank you for listening to me."**

**"Thank you din... Kasi nagtiwala ka sakin."** She smile at me.

I kiss her forehead. Natawa pa ko dahil bigla nalang sya'ng natigilan. She look so cute.

Umiwas sya ng tingin. She cleared her throat. **"P-panu mo nabawi si Keigan?"**

**"Hindi ko sya nabawi... They came back few years after. Kasama na rin nya ang bago nya'ng asawa."** I release a heavy sigh. **"...Dun na ko napuno at lakas loob na palayasin sya sa bahay."**

**"Kaya pala... Ikaw lang ang anak na nagpalayas sa ama."**

Bahagya ako natawa sa sinabi nya. **"*Kakaiba,* right?"**

Nag-nod naman sya. Napatingin ako sa wrist watch ko. It's already 10pm. Baka mapansin na sya ng mga kasama nya sa bahay lalu na si Angelo.

**"I need to take you back. It's late already."**

I start the engine. Tahimik lang sya sa buong byahe. I stop the car at the same spot where i pick her up. Hindi ako pwedeng huminto sa tapat nila. Baka may makakita samin and Jay-jay don't want that.

**"Dito na lang. Goodnight na."** She said and about to open the door, but i stop her. **"...B-bakit?"**

**"Your no longer mad at me?"**

She shook her head. **"Hindi na. Haba ng kwento mo, nawala na inis ko."**

Smile and move slowly toward her. **"Baka pwede ng..."**

**"Ayaw!"** Mabilis nyang sabi at tinakpan ang bibig.

*You gonna be kidding me!*

**"I thought your not mad at me anymore?"** I ask in disbelief.

**"Amoy ka ngang sigarilyo!"**

She is really serious about that. Wala akong nagawa kundi tignan sya ng may inis pero sya nakangiti lang sakin.

**"...Kung gusto mo ng kiss, wag ka manigarilyo. Tapos ang usap!"**

She open the door and get out of the car. Hindi man lang nya tinignan at dire-diretsong pumasok sa gate nila.

I start the engine and drive back home. May ilang minuto na siguro ako sa byahe ng marinig ko yung phone ko.

*Text message.*

Hindi ko muna pinansin at sa bahay ko nalang titignan. Nasa tapat na ko ng bahay, waiting for the gate to open. My phone ring again, another text message.

Out of curiousity I pick my phone and open the message. It was from Jay-jay. Maybe she miss me already.

*But i'm wrong...*

I look at it twice, making sure i'm reading it correctly.

**From:** *Sexy Jay-jay*
**Message:** '*Alam na nya...*'

'*...Alm na ni Aries yng tungkol stin.*'

++++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Tingin sa kanan, sa kaliwa, sa kisame at sa apat na sulok ng kwarto. Basta wag tatama sa tingin ni Aries. Andito ako ngayon sa kwarto nya.

*For the first time in history....*

Feel kong magpamisa bukas. Ngayon lang nya ko hinayaan na magtagal sa kwarto nya. Hindi kami pwede sa kwarto ko, andun si Ci-N. Hindi rin pwede sa labas, baka may makarinig samin.

Ang dami palang libro sa kwarto nya. Nagbabasa pala ang horoscope na to? Kala ko puro pag-ibig nya lang kay Ella ang inaatupag nya.

**"Hindi ka talaga magsasalita?"** Mahinahon nya'ng tanung.

Inikom ko yung bibig ko sabay yuko. Hindi ko alam na nakita nya kong bumaba sa kotse ni Keifer. Handa na sana ako'ng magpalusot pero bigla nya'ng sinabi na '*pangalawa na daw to*'. Nakita nya din yung dati. Kaya eto kami ngayon, interogation keneme.

**"Jay..."** Tawag nya sakin.

Tingin ulit sa kisame. *Walang agiw, nice!*

**"Jay-jay..."**

Tingin sa sahig. *Ang kintab, nice!*

**"Jay-jay!"**

Tingin sa sulok ng kwarto. *May multo, not nice!*

Bigla nalang nya'ng hinampas yung lamesa kaya nagulat ako. Handa na sana ako'ng magmura sa pagkabigla buti nalang natakpan ko yung bibig ko.

**"Anu ba!"** Inis na sabi nya. **"...Hindi ka ba aayos?!"**

**"M-maayos naman ako ah?"**

*Sige lang, mamilosopo kapa. Mamaya lang may kutos kana galing sa kanya.*

Hindi kayo nakakatulong! Mga peste sa utak! Mga bulate! Mga parasite! Kinakain nyo minerals ng utak ko! Kaya tuloy wala akong masagot kapag Quiz!

**"Are you even listening?!"** Tanung ni Aries.

Nag-nod naman ako. **"Oo! Sabi mo bababa na ang singil sa kuryente."**

Sa sobrang inis umamba na sya ng batok sakin. Agad ko namang hinarang ang braso ko at bahagya'ng lumayo sa kanya.

Tinignan nya ko ng masama. Binaba din nya ang kamay nya at napahawak na sa sintido nya.

**"Anung meron sa inyo ni Keifer?"** Mahinahon nya'ng tanung.

Para syang si Kuya Angelo sa ginagawa nya. Magkapatid talaga sila.

**"Be specific."** Sagot na nagpagalit sa kanya.

Bigla nalang syang lumapit sakin at hinawakan ako sa kwelyo. **"Sinasagad mo ba talaga ako?!"**

**"H-hindi."**

**"Sagutin mo tanung ko sayo kung ayaw mong isumbong kita kay Kuya!"**

Nakaramdam ako ng takot. Talaga'ng gagawin nya yun. Nangilid din ang luha ko, nagbabadya'ng bumagsak dahil sa kanya.

**"H-hindi ko masabi... Wala'ng malinaw na usap. Basta gusto namin ang isa't isa."**

Binitiwan nya ko at tinignan ng seryoso. **"Naniwala ka naman?"**

Taka akong napatingin sa kanya. **"A-anung..."**

**"Nililoko ka lang nya!"**

Natigilan ako. A-anung nililoko? Anu bang sinasabi nito'ng horoscope na to?

**"...Your so stupid!"** Sigaw nya sakin.

Bumagsak ang luha kong kanina pa nakatambay sa gilid ng mata ko. Gusto ko itanung sa kanya yung sinasabi nya pero ayaw bumuka ng bibig ko.

**"Magpinsan tayo Jay! Obvious naman na ginagamit ka nya para makaganti sakin."**

Oo nga pala, magkagalit sila. Pero never na pumasok sa isip ko na sasabihin sakin ni Aries yun.

**"Hindi nya gagawin yun."** Madiin kong sabi.

**"Mag-isip ka nga!"**

**"Hindi nya gagawin yun! Panu nya ko gagamitin?! Sige nga!"** Inis na sabi ko dahilan para lalong magsalubong ang kilay nya.

**"I know Keifer. Handa sya'ng gawin lahat makaganti lang sa umagrabyado sa kanya."**

Tumawa ako ng mapait. **"Yun na yung basehan mo? Panu nya ko gagamitin kung hindi nga tayo magkasundo?! Wala ka ngang pakialam sakin diba?!"**

Tumigil sya, nawala din ang salubong na kilay nya pero nakatitig pa rin sya sakin. Sinabayan ko ang titig na binibigay nya pero hindi matiis ng mata ko na hindi magbagsak ng luha.

Ako yung nasaktan sa sinabi ko. Masakit kasi, yung Aries na lagi akong pinupuntahan sa bahay dati, lagi'ng nakikipaglaro sakin, lagi'ng may pasalubong at laging sanasabi sakin na ipapakilala nya ko sa mga kaibigan nya. Nawala na yung Aries na yun at napalitan ng Aries na walang pakialam sakin.

**"Basta alam ko."** Mahina nyang sagot.

*Tama nga!*

Sinisiraan lang nya si Keifer sakin.

**"Hindi ako naniniwala sayo."** Sabi ko at agad na naglakad palapit sa pinto pero napahinto din ako ng magsalita sya ulit.

**"*I love you to infinity and beyond.*"**

*Yun yung...*

**"...Yan din ang sinasabi nya sayo. Tama ako?"**

Hinarap ko sya na may halong inis at pagtataka. Panu nya nalaman yun?

**"...Because that's the exact words that he said to Ella."**

Parang may kung anung sumaksak sa puso ko. Bumagsak na naman ang mga luha ko pero bago pa sya makapag-salita ulit, mabilis akong lumabas sa kwarto nya.

Halos hindi ako makahinga. Sobrang sikip ng dibdib ko. Anu bang nangyayari sakin?

Anu ngayon kung yun din yung sinabi nya kay Ella? Hindi ibig sabihin nun na nilokoko nga nya ko. Papansin lang tong horoscope na to!

Hindi nya ko nilokoko. Pinagkatiwalaan nga nya ko. Sinabi nya sakin ang buhay nya, ang nangyari sa kanila ng Dad nya. Kaya panu mangyayari yung sinasabi nya?

Hindi ako makapaniwala na kaya'ng gawin ni Aries yun. Sa galit nya kay Keifer talaga'ng sisiraan nya pa sakin.

*Pero pano kung totoo?*

Hindi! Hindi magagawa ni Keifer yun. Naglakad na ko pabalik ng kwarto ko. Tulog na si Ci-N, hindi na siguro nya ko nahintay. Kinuha ko yung phone ko at tinext si Keifer.

May ilang minuto lang at agad sya'ng tumawag sakin. Huminga muna ko ng malalim para hindi nya mahalata na umiyak ako.

**"Hello..."**

**["*Umiiyak ka ba?*"]** Bungad nya sakin.

**"H-ha?"** Taranta kong sagot.

**["*Your voice sounds different. Did he said something that make you cry?*"]**

**"Wala... Kinagalitan lang nya ko."**

**["*Babanatan ko nalang sya para sayo.*"]**

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya. Sira-ulo talaga!

**"Tumigil ka nga."** Halos tumaas ang boses ko.

Pinipigilan kong sumigaw at baka magising na naman ang bata'ng kumag.

**["*I'm dead serious Jay. If i need to face everyone in your family just to prove them that i love you... I will.*"]**

**"Keifer..."**

**["*Kahit magsuntukan pa kami ni Angelo at Aries. Lalaban ako.*"]**

Napangiti ako sa sinabi nya. Kaya hindi ako naniniwala kay Aries. Alam kong hindi nya magagawa.

**"Thank you."**

**["*Mali!*"]** Sabi nya na nagpataas ng kilay ko. **["*...Dapat sabihin mo... 'I love you'.*"]**

Bahagya akong natawa. Kumag talaga!

**"Parang kang sira."**

Narinig ko yung bahagya'ng pagtawa nya. **["*...I love you Jay. To infi*----"]**

**"Keifer."** Putol ko sa sasabihin nya.

Nakaramdam kasi ako ng pagka-ilang. Hindi sa naniniwala ako sa sinabi ni Aries pero kasi may kakaiba sa pakiramdam ko.

**["*Is there a problem?*"]**

**"W-wala... Gusto ko lang sana'ng anu... Yung... Kasi..."**

**["*Jay?*"]**

**"Palitan natin yung karugtong ng 'I love you'. Common na kasi yan."**

**["*Tss... Arti!*"]**

Yung sa halip na mainis dahil dun sa '*Tss*', natawa ako bigla. Ang landi kasi ng pagkakasabi nya ng '*Arti*'.

**["*Tawa pa... Tuwa'ng tuwa ka.*"]** Iritable'ng sabi nya na lalung nagpalakas ng tawa ko.

**"Ang landi mo kasi."**

**["*Mahal mo naman.*"]**

*Hala sya!*

Bigla nalang ako natigilan. Huli ako dun ah! Walang palag.

**["*...Ito nalang, para wala kang reklamo. I love you Jay, until scientist find the end of the universe.*"]**

Haba! Daming alam nitong Hari ng mga Ulupong. Saan naman nya kaya nakuha yun?

**"Diba... Infinite ang universe?"**

**["*Exactly!*"]**

Napakagat nalang ako sa ibabang labi ko. Ang lakas talaga ng trip nya sa buhay. Ako naman tong mukang tanga... Kilig na kilig!

*Ang landi.. bow!*

Bigla sya'ng tumahimik at ramdam ko ang pag-seryoso nya. **["*...Don't worry Jay. If Angelo find out about our relationship, I will talk to them. May kasama nga lang siguro'ng suntukan.*"]** Natawa ako sa huling sinabi nya at ganun din sya. **["*...I love you Jasper Jean Mariano, until scientist find the end of the universe.*"]**

Ang sarap pakinggan. Lasang cheescake----*charot!*

**"Mark Keifer Watson. I love..."** nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko kaya napalingon ako agad. **"...CI-N!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

OceanofPDF.com

# Chapter 161

## Words

***Jay-jay's POV***

Feel kong manapak. Kung hindi lang talaga.... *Haizt!*

**"Tsakit..."** Bulong ni Ci-N habang hinihimas ang tenga nya.

Kasalanan naman nya! Nakikinig sya sakin at sa kausap ko sa phone. Sa sobrang inis ko, hinatak ko yung tenga nya. At kahit nakatulog na kami at lahat-lahat, iniinda pa rin nya yung sakit.

*Pisti kasi!*

**"Kabila naman... Para pantay."** Sabi ko at agad naman nya'ng tinakpan ang kabilang tenga nya.

**"Ayaw."** Sabi nya.

Inirapan ko nalang sya at naglakad na palabas ng kwarto. Kakain na kami ng almusal at may pasok pa. Sa totoo lang wala akong gana. Dahil sa nangyari kahapon.

Kapag naalala ko yung muka nung Dylan na nanutok sakin ng baril, nanginginig na naman yung tuhod ko.

Umurong yung tapang ko. *Badtrip!*

Bigla nalang ako'ng inunahan ni Ci-N sa paglalakad. Tinatakpan pa rin nya ang tenga nya. Mukang gutom na gutom ang loko.

Napatigil ako sa paglalakad ng makita ko si Aries. Masama ang tingin sakin----na hindi na bago sakin.

Tinuloy ko yung paglalakad at lalagpasan na sana sya pero bigla sya'ng nagsalita dahilan para harapin ko sya ng tuluyan.

**"Si Yuri."**

*Anu'ng...*

**"...Ikakasal ka na sa kanya."**

Sampal sakin ang mga salita'ng yan. Ipinapa-alala yung panloloko'ng ginagawa ko kay Yuri.

Sumisikip ang dibdib ko. Para ako'ng sinasakal habang nakatingin sa kanya.

Tumawa ng mapait si Aries. **"Ang ganda mo naman..."**

*Oo naman! Inggit ka?!*

Insulto sakin ang tono ng pananalita nya. Agad na nagsalubong ang kilay ko.

**"...Ikakasal ka na kay Yuri tapos may Keifer ka pa? Ibang klase."** Umiiling pa sya habang naglalakad palayo sakin.

Bukod sa inis dito sa horoscope na to, isa lang ang nasa isip ko ngayon. Sasabihin ko na kay Yuri ang totoo. Ayoko na sya'ng lokohin. Hindi yun ang intensyon ko at ayoko ng dagdagan yung kasalanan ko sa kanya.

Nakapag-almusal ako na tulala. Kahit sa pag-ligo at pag-aayos wala rin ako sa sarili. Hindi ko alam kung panu pero hangat maari, ngayong araw ko na ipapaalam sa kanya.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Ci-N habang naglalakad. **"...Hindi ka nakikinig."**

**"S-sorry. May sinasabi kaba?"**

**"Ay wala..."** Sarkastiko nya'ng sagot kaya medyo nainis ako. **"...Dami kong sinabi. Naubos na kagwapuhan ko dito."**

Napakamot ako ng batok. *Anu daw?!*

**"Gwapo kaba?"**

Bigla nalang pumungay ang mata nya. **"Wag mo masyado pagsigawan. Sikreto ko yan eh."**

Yung mapapa-*tang'na* ka nalang bigla dahil sa kakapalan ng muka nya. Hindi na ko nagsalita at nagtuloy na sa paglalakad.

Pagdating sa school, nagkakagulo ang mga istudyante dahil sa kagandahan ko----*Joke!*

Malapit na kasi yung retreat keneme ng school. Saksakan ng aga! Nauna pa sa Valentines.

Pagdating sa room hinanap ng mata ko si Yuri. Wala sya, ito yata ang unang beses na nauna ko sa kanya. Madalas kasi sya ang nauuna sa lahat.

Pag-upo ko, kinuha ko agad ang cellphone ko na sana pala kanina ko pa ginawa. Nagtext pala sya sakin.

**From:** *Yuri*
**Message:** '*Can't go to school. I hve fever. Pls take care of yourself.* 😙'

*Kinginames!*

Kung kelan naman! Hanep yan! Anu ba?! Pvtcha!

Hay! Dapat kasi ngayong araw na dapat sabihin. Hindi na dapat patagalin. Mukang kailangan ko sya'ng puntahan.

*Tulala... Kasalanan bang humingi ako sa langit ng isang-----huh?!*

Anak ng pota! Napakanta nalang ako bigla. Dumating kasi si Sir Alvin at Keifer ng hindi ko namamalayan. Ang layo na ng narating ng diwa ko. Nasa pluto na yata.

May bigla nalang pumitik sa tenga ko. Sa sobrang sakit napasigaw nalang ako.

**"Kingina! Masakit!"**

Pinagtinginan agad ako. Masama din ang tingin sakin ni Sir Alvin. Tumingin ako kay Keifer na pilit tinatago ang ngiti nya.

*Hayop!*

Inaano ko ba sya? Namimitik ng tenga ang gago. Napayuko nalang ako. Busit tong Keifer na to! Out of nowhere bigla nalang mang-gaganun.

Gusto ko gumanti pero hindi yun ang inaalala ko. Iniisip ko yung dapat kong sabihin kay Yuri. Kung pano ko uumpisahan.

Hanggang sa mga sumunod na subject, wala pa rin ako sa sarili. Ilang beses na ko tinatanung nila Ci-N pero hindi ako makasagot.

Kahit si Keifer nagtataka na rin. Dumating ang oras ng uwian. Inayos ko na yung gamit ko at akmang tatayo pero hinawakan nung Hari yung kamay ko.

**"Stay."** Utos nya.

Tatanggi sana ako. Kailangan kong puntahan si Yuri pero bigla nalang naging seryoso yung itsura nya. Napilitan akong maupo ulit.

**"Jay! Tara na?"** Tanung ni Ci.

Si Keifer ang sumagot para sakin. **"Mauna ka na. May pag-uusapan lang kami."**

Kahit nagtataka sinunod nalang nya. Wala ng tao sa room. Tinignan ko yung kumag at hinintay ang sasabihin nya.

**"B-bakit? Anung pag-uusapan natin?"** Tanung ko.

**"Kung anung problema mo. We notice that your not in yourself."**

*Tsk!*

Ayoko sana sabihin pero siguro dapat din nya'ng malaman.

**"Kasi... Iniisip ko kung panu sasabihin yung totoo kay Yuri."** Sagot ko.

**"What do you mean?"**

**"Nagi-guilty na kasi ako. Ayoko ng lokohin si Yuri."**

Yumuko sya. **"I understand. Kahit ako nahihiya na rin sa kanya."** Huminga sya ng malalim. **"...Bakit kasi iisang babae na naman yung nagustuhan namin?"**

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Yung imahe ni Yuri nung nasaktan sya kay Ella, naglalaro na naman sa isip ko. *Mauulit na naman.*

**"Pupuntahan ko sana sya ngayon."** Sabi ko at tinignan ako ng Keifer ng makahulugan. **"...Sasabihin ko na."**

Bigla nalang sya'ng tumayo at naglakad palabas ng room. Agad akong sumunod sa kanya.

**"Ihahatid kita."** Sabi nya habang patuloy sa paglalakad.

Nakarating kami sa parking at kita'ng kita ko si Aries habang kaakbay si Ella. Para bang sinadya nilang pumwesto sa tabi ng kotse ni Keifer.

Tinignan ko sila pati na rin yung Hari pero wala'ng bakas na apektado sya sa kaharap namin. Sumakay sya sa kotse kaya naman sumunod ako.

Sandali ko tinignan si Aries at nag-tama ang tingin namin. Hindi rin nakaligtas sakin ang tingin ni Ella kay Keifer.

*Sundutin ko kaya MATA nito?!*

Umandar ang kotse. Tahimik lang kami sa buong byahe. Gusto ko sana itanung kung apektado pa rin sya dun sa dalawa pero ayokong magsimula ng usap at baka pag-awayan namin.

Yun din kasi'ng sinabi ni Aries. Ayaw pa ring mawala sa isip ko. Kumbinsido naman ako na hindi nya ko nililoko pero kasi.... *Kainis!*

Natatanaw ko na yung building nila Yuri. Habang papalapit kami, lalu nama'ng bumibilis ang tibok ng puso ko. Pagdating sa parking, hindi muna ko bumaba. Humugot muna ko ng lakas ng loob.

**"I'll stay here. Baka magsutukan lang kami pagnagkataon."** Sabi nya.

Nag-nod naman ako. **"Salamat."**

Bumaba ako ng kotse at lumapit sa elevator. Nakatingin ako kay Keifer habang hinihintay na bumukas yun. Nagpilit lang sya ng ngiti sakin.

Agad akong sumukay pagbukas ng pinto. Pinindot ko din yung floor number nila Yuri. Ang bilis magpawis ng kamay ko. Hindi ko alam kung dahil sa mainit sa elevator o dahil sa sobrang kaba.

Pagbukas ng pinto, apat na babae'ng nakakimono ang sumalubong sakin. Hindi kasing dami ng sumasalubong samin dati. Yumuko sila at binati ako ng lengwahe nila.

Yumuko nalang din ako at bumati sa kanila-----in Tagalog. Hinanap ko yung Young Master nila. Tinuro naman nila ko sa kwarto nya.

Buti nalang medyo pamilyar na ko sa pasikot-sikot dito. Hindi na ko nahirapan na puntahan sya. Kumatok ako pero walang sumagot.

Gusto kong umatras. May sakit kasi sya, baka hindi maganda'ng time to para kausapin sya.

*Ngayon na dapat!*

Putik! No choice talaga. Binuksan ko yung pinto. Expected ko na nakahiga sya sa kama at tulog, may sakit kasi. Pero wala sya, napatingin ako sa balkonahe. Bukas ang sliding door at sumasayaw ang kurtina'ng nakahawi pero tinatamaan ng hangin.

*Everybody loves the things that you do*
*From the way you talk to the way you move*
*Everybody here is watching you*
*'Cause you feel like home*
*You're like a dream come true*

Naglakad ako palapit don. Nakita ko si Yuri na nakaupo sa isang bangkuang mahaba na gawa sa kawayan. Nakatalikod sya sakin, may hawak na gitara at kumanta.

"***But if by chance you're here alone***
***Can I have a moment before I go?***
***'Cause I've been by myself all night long***
***Hoping you're someone I used to know...***"

Katulad ng dati, ang sarap pakinggan ng boses nya. Kung tutuusin, halos pareho talaga sila ni Keifer. Magkaibigan nga kasi.

"***You look like a movie***
***You sound like a song***
***My God, this reminds me***
***Of when we were young...***"

Pareho silang matalino, medyo bossy, tahimik at may talent sa pagkanta. Gwapo din sila pareho, mahilig sa basag ulo, hindi rin sila ng aagrabyado at higit sa lahat hindi sila mahirap mahalin.

"***Let me photograph you in this light***
***In case it is the last time***
***That we might be exactly like we were***
***Before we realized...***"

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. Kung pwede ko lang sana'ng turuan ang puso ko. Ayoko sya'ng saktan, ayoko ng maulit sa kanya yung naranasan nya'ng sakit.

***"We were sad of getting old***
***It made us restless***
***It was just like a music***
***It was just like a song."***

Sobrang daya kasi! Gusto ko din sya'ng maging masaya pero masasaktan lang sya sakin. Akala ko kaya ko'ng gawin yun.

Bigla nalang sya'ng tumigil sa paggi-gitara at lumingon sakin.

**"Jay? Andyan ka pala."** Sabi nya at binaba ang gitara.

Tumayo sya at nakangiti'ng humarap sakin. Nadurog ang puso ko ng mawala ang ngiti nya at mapansing umiiyak ako.

**"Bakit? May nangyari ba?"** Hahawakan sana nya ang pisngi ko pero agad akong lumayo. **"...May problema ba?"**

**"I-i'm sorry Yuri."** Huminga ako ng malalim. **"...I'm sorry. Maniwala ka, sinubukan ko talaga."**

Sobra ang pagtataka nya. **"A-anu bang sinasabi mo?"**

**"Sorry... Sorry talaga."** Hindi na nagpaawat ang mga luha ko. Sobrang bigat sa pakiramdam. Halos hindi ako makahinga. **"...Sinubukan ko naman."**

**"Jay..."**

**"Pero.... Si Keifer talaga."**

Lalu'ng tumindi ang pag-iyak ko. Hinintay ko ang sasabihin nya pero nanatili sya'ng tahimik. Hindi ako makatingin sa kanya dahil sa kahihiyan.

May ilang minuto din siguro ako'ng naghihintay. Hanggang sa huminto na rin ako sa pagiyak at mukang yun lang ang hinihintay nya.

**"Alam ko."** Ang unang salita'ng binitawan nya dahilan para magtaka ako. **"...Alam kong si Keifer talaga. From the very start."**

Nanikip ang dibdib ko sa mga sinasabi nya. Marami katanungan ang pumasok sa isip ko pero ayaw namang bumuka ng bibig ko para magsalita.

**"...Kagaya kay Ella, nagbaka-sakali na naman ako. But again, i'm wrong. Defeated by the same guy..."** Nagpilit sya ng ngiti. **"...I'm not stupid Jay. I knew it already, from the day you said '*Yes*' to me."**

*A-anung... Naguguluhan ako.*

**"*Hahaoya* is not lying when she said that she saw you and Keifer. She just save us from embarassment."**

*Tang'na...* ang tanging nasabi ko sa sarili ko.

**"...And i also know that you make out with him at the restroom."** Tumawa sya ng mapait. **"...Andun din ako ng gabing umamin ka sa kanya."**

*Pakshet!*

Kulang ang mga mura'ng alam ko para madiscribe yung nararamdaman ko. Pano nya nalaman ang mga yun?

**"If you're asking, '*how did i know*'. The answer is simple..."** lumapit sya sakin at bahagya'ng yumuko. Tumapat sya tenga ko.

Kinilabutan ako ng maramdaman ko ang hininga nya sa balikat ko. Sobrang init.

**"...Keifer is not the only one who have ways."** Bulong nya na nagpahinto ng puso ko.

Umayos sya ng tayo at diretso ako'ng tinignan sa mga mata. **"...I want you to leave now. Ayoko'ng makita ka."**

**"Y-yuri..."** Sa dami ng gusto kong sabihin, yan lang ang lumabas sa bibig ko.

Tumalikod sya sakin. **"I will let you continue your relationship with Keifer but when our wedding day come, you'll say '*I do*' no matter what or it will be the end of the Fer Corp."** Maotoridad na sabi nya.

*Itutuloy pa rin nya?!*

**"Y-yuri... M-masasaktan ka lang."**

**"What's the point?! Your already hurting me."** Dinig ko ang pamumuo ng boses nya.

Kahit nakatalikod sya, alam kong umiiyak sya. Sumabay na naman ang mata ko sa paghihirap na nararamdaman ko.

**"...Trust me, at the end of the day you'll still be mine."** Dagdag nya.

Sinubukan kong humakbang palapit sa kanya pero hindi gumagalaw ang tuhod ko.

**"Y-yuri... Please."**

**"Jay... Umalis kana."** Utos nya na lalong nagpabigat sa loob ko.
**"...Leave. Now!"**

Wala akong nagawa kundi ang dahang-dahan na maglakad palapit sa pinto ng kwarto nya. Pinili nya'ng wag akong tignan kahit sa huli.

Pero bago tuluyang makalabas, nagbitaw sya ng salita na tuluyang nagpabagsak sa kalooban ko.

**"Parehong-pareho kayo ni Ella. *Paasa.*"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 162

**Inner Pain**

***Jay-jay's POV***

*Parehong-pareho kayo ni Ella.*

Parang sirang plaka na pauli-ulit sa utak ko yung mga salita'ng sinabi nya. Sobrang sakit!

*Paasa.*

Mahigpit ang yakap sakin ni Keifer. Hindi sya nagsasalita at hinahayaan lang nya ko.

Para akong bata na humahagulgol sa iyak. Basa na ang braso at balikat nya ng luha at sipon ko.

**"You can't blame Yuri..."** Sabi nya habang patuloy sa pagyakap sakin. **"...he was hurt, again."**

**"A-alam ko... P-pero sobrang s-sakit lang kasi."**

Hindi yun ang intensyon ko. Wala naman talaga kong balak na paasahin sya. Hindi ko sadya.

Naiintindihan ko naman kung galit na galit sya sakin. Pero hindi ko talaga mapigilang hindi umiyak. Parang may milyo'ng milyo'ng karayom ang sumasaksak sa puso ko.

**"Keifer... A-ayaw nyang i-atras ang kasal."**

Umalis sya mula sa pagkakayap. Hinawakan nya ang magkabilang pisngi ko. Kahit sabog sabog ang sipon at luha sa muka ko.... Hinalikan pa rin nya ko.

For a moment nakalimutan ko yung dahilan ng pagiyak ko. Nakalimutan ko din na muka na kong ewan. *Ay pota!* Lasang sigarilyo at mentos ang bibig ng punyemas. Humiwalay sya sakin at agad akong tinignan ng may pandidiri.

**"Yack! Yung sipon mo..."**

Agad ko sya'ng hinampas ng malakas pero tinawanan lang nya ko.

**"Kingina mo ka!"** Inis na sabi ko.

Hinawakan nya ulit ang magkabilang pisngi ko. Sa pagkakataon na to, seryoso nya kong tinignan.

**"Don't worry about the wedding. We still have time to think a plan on how we can stop it."**

Sisinghot-singhot ako'ng tumango sa kanya. Hinalikan nya ko sa noo. Medyo gumagaan na yung pakiramdam ko.

May kinuha sya sa bulsa nya at inabot sakin ang isang puti'ng panyo.

**"Punasan mo na yang sipon mo. Kadiri kana."** Sabi nya at tumawa.

Padabog kong kinuha yung panyo at siningahan. Lahat na yata ng natatago sa ilong ko, nilabas ko na, kulang nalang pati utak ko ilabas ko na rin. Pagkatapos mailabas ang saloobin, binalik ko sa kanya yung panyo.

**"Salamat."**

**"Sayo na... Nakakahiya sayo. Baka nabitin kapa sa nilabas mo."**

Hinawakan ko nalang yung panyo. Pinaandar ni Keifer yung kotse. Oras na din kasi para umuwi ako.

**"Gusto ko ng umuwi."** Halos pabulong kong sabi.

Nag-nod lang sya sakin. Tahimik lang ako sa byahe, gustuhin ko mang magsalita, anu naman ang sasabihin ko? My pagkakataon na tinitignan ako ni Keifer, pero hindi ko masuklian yung tingin na yun.

Kahit nabawasan ang bigat na nararamdaman ko, masakit pa rin. Yung mga salita'ng binitawan nya sakin.

Kung tutuusin, deserve ko yun. Ang sakit ng ginawa ko sa kanya. Pinaasa ko lang sya sa wala. Kung alam ko lang na ganito, una pa lang sana hindi na ko umo-o.

Anu kaya'ng ibig nya'ng sabihin sa sinabi nya'ng '*Keifer is not the only one who have ways*'? Bigla ko tuloy naalala yung sinabi ni Ci-N tungkol sa kanya.

Ang gulo ng utak ko! Yung ang dami-dami ko ng tanung sa utak ko tapos wala man ako'ng makuhang sagot.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Keifer na kumuha ng atensyon ko.

**"Hm?"**

**"Nakausap ko si Percy."**

Huminto ang puso ko. Dahan-dahan akong tumingin kay Keifer na diretso sa daan ang tingin. Eto pang isang gumugulo sa utak ko.

**"P-pano?"**

**"Remember my promise to you? About your father's information?"**

Nag-nod ako bilang sagot.

**"...I did get his contact number and try to call it. Secretary nya ang sumagot."**

Bigla nya'ng hininto ang kotse. Dun ko lang napansin na malapit na kami sa bahay. Hindi ulit sya tumapat kagaya kahapon.

Nilabas nya yung cellphone nya at nagpipindot ng kung anu. Nilapit nya sakin yun at merong nagpa-play na recording.

**"*Good morning... You're reaching Mr. Mariano's number. May i know who's on the line?*"** Boses ng isang lalaki.

Mula sa pananalita tunog foreigner, islang na islang kasi sa pag-english. Pero bakit pinaparinig sakin ni Keifer to?

**"*This is Keifer Watson. Can i speak to Mr. Mariano? This is urgent.*"** Maotoridad ang boses ni Keifer.

Walang sumagot sa kabilang linya. Tahimik, akala ko tapos na. Pero tuloy pa rin yung count down at yung symbol ng play.

May narinig ako'ng parang gumalaw tapos my nagsalita.

**"*Keifer...*"** Boses ni Percy.

Inangat ko yung tingin ko kay Keifer pero seryoso sya'ng nakatingin sa phone nya.

**"*...How are you?....Bro.*"**

Wala ako'ng mabakas na galak sa boses ni Percy. Napaka-seryoso at may halong inis sa boses nya. Medyo may diin din yung pagkakasabi nya ng '*Bro*'.

**"*Who's this?*"** Mabilis na sagot ni Keifer.

**"*Oh crap! You're making me cry... Nakalimutan mo na agad ako? Napaka-tagal na ba ng 4 years para makalimutan mo ang namatay mong kaibigan? Oh my heart! I'm in pain!*"**

Gusto ko'ng mainis sa mga pinag-sasabi nya. Hindi ko kasi alam kung nagpapatawa ba sya o ng-iinis lang.

***"Percy?"***

***"Finally! I thought you'll never remember my very handsome voice."***

***"What the hell?! I have no time for your shit! I need to speak to Mr. Mariano. Now!"*** Halata ang inis sa boses ni Keifer.

Bigla nalang tumawa si Percy. Kahit ako nakaramdam na rin ng inis sa ginagawa nya. Parang pinaglalaruan nya si Keifer... o kami.

***"Mark Keifer Watson... Wala kang pinagbago. Pala-utos ka pa rin. Thinking that you're still the King?"***

***"Percy..."***

***"Keifer..."*** Ginaya nya yung tono ng boses ni Keifer. ***"...You are already talking to Mr. Mariano."*** Bahagya sya'ng tumawa.

*Asar!*

***"Tatay ni Jay-jay ang tinutukoy ko. Hindi ikaw."***

Tumigil si Percy sa pagtawa. Kahit recording lang, nakaramdam ako ng tensyon sa pagitan nilang dalawa.

***"Why do you need to talk to him? Andito naman ako. I'm also a Mariano."***

***"Shit! Percy! What the hell is your problem?! I need to talk to him! Jay-jay need her father!"*** Galit na sabi ni Keifer. Kahit ako siguro mapipikon na rin sa mga pinagsasabi nya.

***"Don't shout Bro! Hindi mo sya pwedeng kausapin. Kahit sumigaw ka pa dyan."***

May narinig akong tumunog na bagay at may nagsalita na hindi ko maintindihan.

***"...I have to go. Don't worry, malapit na kaming bumalik dyan and when we do... babawiin namin sa inyo si Jay-jay. From you and from Angelo."***

Natapos ang recording at isa lang ang pumapasok sa isip ko.

*Wala akong naintindihan.*

Anu na naman to?! Nalilito na ko!

**"A-anu'ng babawiin?! Hindi ko maintindihan yung sinasabi nya!"** Inis na sabi ko.

Tinabi ni Keifer ang phone nya. **"Kahit ako naguguluhan din. Nag-uumpisa na kong mainis sa ginagawa nya."**

Napahawak nalang ako sa ulo ko. Anu kaba talaga?! Sino kaba sa buhay ko?! Anu bang kailangan mo sakin?!

*Percy Mariano?!*

**"Mukang wala tayong magagawa kundi maghintay."**

Tinignan ko sya. **"Napapagod na kong maghintay."**

Hinawakan nya ang kamay ko. Malapit-lapit na kong maiyak dahil sa sobrang inis kay Percy. *Bwisit!*

Yung isang kamay naman nya ay humawak sa pisngi ko. **"Kaunting tiis Jay."**

Nag-nod ako at nagpilit ngumiti. Yun lang naman kasi ang magagawa ko. Minsan na kong naki-usap kay David para sabihin sa kanya na wag ng magpapakita sakin.

Akala ko matatakot sya at gagawa ng paraan para maka-usap ako, pero hindi nya ginawa. Hindi tuloy ako sigurado kung sinabi nga ni David yun sa kanya.

Hinalikan ako ni Keifer sa noo. Tumingin ako sa maya nya at bigla nalang akong napatingin sa gate ng bahay. Bumukas yung gate at lumabas si....*shit!*

**"Si Kuya Angelo..."** Sabi ko at agad na yumuko.

Muntik pa kong mauntog sa kambyo.
Bahagya kong inangat yung tingin ko kay Keifer na natataranta sa pagtaas at baba ng binata.

**"Andyan pa sya?!"** Tanung ko.

**"O-oo... Shit! Nagulat ako sayo. Kung anu nalang napindot ko."** Sagot nya sakin habang natatawa.

Natawa na rin ako. *Hanep kasi!* Bigla-bigla nalang lumalabas ng bahay. Ang lakas ng trip nya. Bahagya ko sya'ng sinilip at wala naman sya'ng ginagawa. Nakatayo lang sya at patingin-tingin sa paligid.

*Eh anu yun?!*

Eto ang problema: kung hindi sya aalis o papasok sa loob bahay. Hindi ako makakababa sa kotse ni Keifer. Makikita nya ko mula sa pwesto ng kotse.

**"Hindi ako makakababa... Makikita nya ko."** May halong pagmamakaawa sa boses ko.

Bigla nalang pinaandar ni Keifer yung kotse. Gusto ko sana sya'ng harapin pero hindi ako makaka-alis mula sa pagkaka-uyo.

**"Aanu tayo?"** Tanung ko.

**"Ililipat ko sa kanto nyo. Dun ka bumaba."**

Nakahinga ako ng maluwag sa sinabi nya. Sandali kami'ng umandar at huminto din agad.

Tinaas ko yung ulo ko. Nasa kanto na kami at nagmadali ako'ng buksan ang pinto pero bigla nalang ako'ng hinawakan ni Keifer sa braso.

Tinignan ko sya at pansin ko ang pagtitig nya sa harapan ng kotse. Tinignan ko din yun at halos huminto ang puso ko ng makita ko si Aries.

*Pakshit!*

Titig na titig sya samin. Kita ko rin ang pagkuyom ng kamao nya.

**"S-si Aries... Bababa na ko."**

Akala ko bibitawan na nya ko pero lalong humigpit ang hawak nya sakin. Hinarap nya ko at ngumiti.

**"Bak----"** hindi ko natuloy ang sasabihin ko ng bigla nya kong halikan sa pisngi.

*Ay... Pisngi lang?*

**"Ingat ka. I love you Jay until scientist find the end of the universe."**

Ako? Tameme! Wala ako sa sarili na nag-nod sa sinabi nya. Kasi naman... *Kinginames!*

**"...Anu sagot mo?"** Tanung nya sakin.

**"A-anu... I love----Ay palaka!"**

Bigla nalang kinalampag ni Aries yung bintana ng kotse. Galit ang tingin nya sakin. Wala akong nagawa kundi kumalas sa hawak ni Keifer at nagmadali sa pagbaba.

**"Dito pa talaga kayo naglandian."** Sabi nya habang tinutunaw ako sa titig nya.

Naglakad sya palayo. Sandali akong tumingin kay Keifer at nagpaalam na. Naglakad na rin ako pabalik sa bahay kasunod lang nya. Akala ko mag-aaway sila at magkakagulo.

Pagdating sa loob, buti nalang at busy si Kuya Angelo. Dumiretso ako sa kwarto ko at bumungad ang Ci-N.

*All smile ang Gago!*

Tumataas baba pa ang kilay nya sakin. Ang creepy nya tignan.

**"Kamusta naman ang *pag-uusap* nyo?"** Tanung nya sakin.

Akala ko nawala na sa isip nya yun. O baka kanina pa nya binabanggit pero lutang ako? May diin talaga sa salitang '*pag-uusap*'.

**"A-ayos lang."** Sagot ko habang kumukuha ng damit.

**"Jay... Alam kong gwapo ako at mabilis ma-fall sakin ang mga babae."** Sabi nya na nagpataas sa kilay ko. **"...pero hindi mo naman kailangan sabihin kay Keifer na ako yung gusto mo."**

*Hanu daw?!*

Kung pwede lang humiwalay sakin ang kilay ko para tumaas pa ng husto, malamang nakarating na sa langit to.

**"I love Ci-N daw... *Ahihihi...*"**

Napapangiwi nalang talaga ako. Ang lakas ng sapak nya. Obvious naman na hindi para sa kanya yung '*I love you*' kagabi.

Kinuha ko yung unan at buong lakas na binato sa kanya. Kayalang, bata'ng kumag talaga sya. Sinalo lang nya yun at tinawanan ako ng nakakainis.

**"Bwisit ka!"** Sigaw ko at buong lakas na tumalon palapit sa kanya.

Pinaghahampas ko sya ng unan. Tawa lang naman sya ng tawa. Nang mawala ang unan, sinabunutan ko sya ng sinabunutan.

**"Aray! Aray!"** Sigaw nya.

*Impakto!*

**"Help! Si Jay-jay... Papatayin ako! Help!"**

Lalo akong nainis sa ginagawa nya. Pinaghahampas ko rin sya kaya hinarang nya ang mga braso nya. Nakakuha ako ng pagkakataon, agad kong kinurot ang bilbil nya dahilan para sumigaw sya ng malakas.

**"Shiiiiiiiitttttt! Ugh!"**

**"Gago ka kasi!"** Sabi ko at nag-uumpisa ng matawa sa reaksyon nya.

Nakakuha ako ng instant kapatid kay Ci-N. Kahit madalas nya kong alilain at asarin, mas masarap naman sya kasama.

Binitiwan ko sya at pinanood habang namamalipit sa sakit. Tinignan nya ko ng seryoso, akala ko magagalit sya pero bigla nalang syang ngumiti ng nakakaloko.

**"Inggit ka sa bilbil ko no?"**

**"Kapal mo! Meron din ako nyan."**

**"Bakit ka nangungurot ng bilbil ng may bilbil?"** Bawi nya sakin.

**"Sira-ulo!"**

**"Jay-jay inggitera!"**

Hinampas ko sya ng malakas hinarang pa rin niya ang mga braso sa katawan.

**"Pag-ako, nawalan ng bilbil."** Banta nya.

**"Oh Ano? Hindi ka mawawalan ng bilbil at ang takaw mo!"**

**"Sige nga... Kurutin ko rin bilbil mo, tignan natin kung hindi mawala-----ARAY!"**

Malakas na suntok sa braso ang binigay ko sa kanya. Pati bilbil ko pag-iinitan niya.

**"Kumag ka! Wag ka na nga nagdi-didikit kay Keifer."**

**"Ayyiieeeehhhh... Namimiss nya----"**

Pareho kaming napahinto ng bumukas ang pinto ng kwarto at bumungad si Kuya Angelo na nakataas ang kilay samin.

*N-narinig kaya nya?*

**"Ci-N..."** Sabi nya na nagpabilis sa tibok ng puso ko. **"...Your Mother is on the line."** Sabay turo sa labas ng kwarto.

Nawala ang kaba ko pero napalitan naman yun ng pangamba para kay Ci-N. Malungkot ang mata nya'ng tumingin sakin bago tuluya'ng tumayo.

Lumabas sya ng kwarto at agad naman ako'ng sumunod. Hawak pa nya ang cord ng telepono na para bang gusto nya'ng hugutin yun.

Binaba nya ang tawag matapos ang ilang minuto nilang pag-uusap.

**"B-bakit daw?"** Tanung ko.

Yumuko sya. **"O-okay na daw yung condo unit ko."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 163

**Past**

***Jay-jay's POV***

Nung minsang mabusit ako kay Ci-N dahil sa katamaran at pagkakalat nya sa kwarto ko, ang nasa isip ko lang noon ay ang paalisin na sya.

Tahimik ako sa kwarto ko nung panahong wala sya. Hindi ko kailangang maglinis araw-araw o gabi-gabi.

Pero nayanig ang mundo ko pagdating nya. Maya't maya ang pagkain ng chutchirya, ice cream, juice or soda, candy at cake. Palagi din ako'ng nakatambay sa Mini Mart para bumili ng midnight snack para sa kanya.

Ako ang naglalaba ng damit nya, dahil hindi sya marunong at ayaw nya'ng ipalaba sa maid nila Tita Gema----marami daw germs ang kamay nila.

Palagi din ako'ng puyat kakapanood ng movie sa laptop nya. Madalas din ako'ng kagalitan dahil sa kalokohan nya na ako ang sinisi. Mas madalas pa sya'ng asikasuhin nila Tita Gema at Kuya Angelo kesa sakin.

At higit sa lahat madalas din kami'ng magtalo ni Aries dahil sa kanya.

Magulo? Oo! Pero sobrang saya...

Bagsak ang balikat ko habang pinapanood sya sa pag-aayos ng gamit nya. Ayoko'ng tumulong para matagalan sya.

*Para mas matagal pa sya dito.*

May pagkakataon na gusto ko sya'ng paalisin pero ngayong aalis na talaga sya----Ayoko! Ayoko sya'ng umalis.

**"Tulungan mo kaya ako."** Sabi nya sakin.

Napabuntong hininga ako at lumapit sa kanya. Pero sa halip na tulungan sya'ng ilagay ang gamit sa maleta pabaliktad ang ginagawa ko.

Nilalabas ko yung mga nilalagay nya.

**"Hoy! Matatapos tayo nyan. Tuloy mo yan!"** Inis na sabi sakin at inagaw yung mga damit na hawak ko.

**"Sa susunod na araw ka nalang umalis."** Paki-usap ko.

**"Ayaw nga ni Mama... Nakakahiya na daw."** Naupo sya sa tabi ko.
**"...Kung ayaw mong mahiwalay sakin, mag-apply ka ng katulong ko."**

Tinignan ko sya ng masama. Baliw talaga! Bakit ako mangangatulong sa kanya?!

**"...Okay na rin to para hindi na magselos si Keifer at Aries."** Dagdag nya.

*Huh?!*

**"Keifer at Aries?"** Taka kong tanung sa kanya.

Si Keifer gets ko. Seloso naman talaga yun, ultimo candy sa bibig ko pagseselosan. Pero si Aries? Parang imposible.

**"Panu mo naman nasabi na nagseselos si Aries?"**

**"Sa mata nya. Inggit na inggit sya satin kapag nagkakasiyahan tayo."** Mabilis nya'ng sagot sakin.

*Malabo!*

Malabo pa sa tubig baha. Baka na-iingit kasi na kay Ci-N lahat ng atensyon ng tao dito sa bahay.

Bumalik sya sa pag-aayos ng gamit. Kahit labag sa loob ko, napilitan ako'ng tulungan sya. Habang tinutupi ang mga damit meron ako'ng napansin.

**"Akin to ah!"** Sabi ko habang pinagmamasdan ang tshirt sa kamay ko.

Tinignan ko si Ci na natatawa sakin. **"Akin nalang."**

Napangiwi ako pero binigay na rin sa kanya. Naayos na namin ang mga gamit nya at namangha ako. Naisiksik namin sa napaka-laking maleta nya ang mga gamit nya.

Sa dami kasi ng dala nya'ng damit plus laruan at nga anik-anik mukang hindi kakasya yun sa maleta nya. Pero napagkasya namin.

May kumatok sa pinto at bumukas yun. Si Kuya Angelo na nakatingin agad sa maleta ni Ci.

**"Ready na kayo?"** Tanung nya samin.

Ngumiti si Ci-N at nag-nod. Tumayo ako at pinagtulungan naming itulak palabas ang maleta nya'ng kasya yata ako sa loob.

Pero bigo kami, kakalagpas lang namin sa kwarto ni Aries pero feeling ko naubos na ang dugo ko sa katawan.

**"Ci-N! Anu ba mga gamit mo? Ginto?"**

Umiling lang sya sakin. Malapit na kami sa hagdan kaya pinilit kong itulak. Napalakas ang tulak ko at hindi sinasadya na gumulong ang maleta pababa ng hagdan.

*Shit! Shit!*

**"Argh!"** Sigaw ng kung sino.

Napatakbo kami sa baba. Nanlaki ang mata ko ng makita yung maleta at meron timaan----mas tama ata'ng sabihin na nadaganan.

**"A-aries! S-sorry..."** Sabi ko at pilit inaalis yung maleta.

Buong lakas na tinulak ni Aries yung maleta. Sinabayan ko yun at ni Ci-N.

Natanggal ang maleta'ng nakadagan kay Aries pero muka'ng nasaktan talaga sya. Lalu na yung bandang dibdib nya.

**"Uy... Hindi ko sadya."** Sabi ko at akmang hahawak sya pero tinabig nya ng malakas ang kamay ko.

**"Anu ba yan?! Saan ba galing yan?!"** Galit na sabi nya samin.

**"S-sorry. Maleta ko yan."** Sagot ni Ci-N.

Dahan-dahang tumayo si Aries at agad na sinigawan si Ci. **"Aalis ka nalang mamemerwisyo ka pa!"**

Tinago ko si Ci sa likod ko. **"Ako may kasalanan nun! Hindi mo kailangang sigawan si Ci-N!"** Inis na sabi ko habang nakikipag-sabayan ng titig sa kanya.

Halata sa muka nya na may ini-indang sakit. Butil-butil na din ang pawis nya. Naglakad nalang sya palayo pero tinapunan nya muna nang masamang tingin si Ci na nasa likod ko.

Pinilit ulit naming itulak yung maleta pag-alis ni Aries. Nakarating kami sa pinto at sinalubong na kami ni Kuya Angelo.

Kinuha nya yung maleta at halos masubsob sya ng ma-realize nya'ng sobrang bigat.

**"Magkano pusta mo? Hindi mabubuhat ni Kuya yan."** Bulong ko sa Bata'ng kumag.

**"Mabubuhat nya yan. Malakas naman si Kuya mo."** Sagot nya sakin.

Pinipilit buhatin ni Kuya yung maleta. Bumibilang pa sya ng isa-dalawa-tatlo para bumwelo.

Natawa nalang kami ni Ci dahil sa itsura nya'ng parang hika'ng hika.

**"Sakay na! Nakuha nyo pa kong pagtawanan!"** Inis na sabi nya samin.

Agad naman kami'ng sumakay sa kotse. Magkatabi kami ni Ci at naka-angkla pa ang kamay nya sa braso ko.

**"Mami-miss kita..."** Bulong ko at hiniga ang ulo ko sa balikat nya.

**"Jay... Wag kang O.A. magkikita pa tayo sa school."**

Tinignan ko sya ng masama. Panira talaga ng moment ang bata'ng to!

Tahimik lang kami habang nasa byahe. Pinagmamasdan ko yung mga ilaw sa building na dinadaanan namin.

Hindi naman ganun kalayo yung condo unit nya. Kayalang feeling ko nasa ibang mundo na.

*Mundo ng mga saksakan ng yaman!*

Nag-park na si Kuya at hindi pa kami nakakatagal ng makita ko na yung buong pamilya ni Ci na nag-aabang sa entrance ng building.

Andun din si Rakki katabi ng Ate nya.

Narinig ko yung pagbuntong hininga nya sa tabi ko. Yumuko sya at pinag-laruan yung mga daliri nya sa kamay.

**"Eto na yun... Mabubuhay na kong mag-isa mula ngayon."**

Nakaramdam ako ng lungkot. Alam ko kasing hindi pa nya kaya. 14 pa lang sya tapos isip 4 years old. Panu sya mabubuhay mag-isa?

Tinignan nya ko. **"Sure kabang ayaw mo talaga mag-apply na katulong ko?"**

Kinurot ko agad ang pisngi nya. Ang kulit! Bakit ba ko ang pinipilit nya'ng maging katulong?

Binaba ni Kuya yung maleta. Hinihintay na kami ng pamilya nya. Hinawakan ko yung kamay ni Ci.

**"Okay lang yan... Tawagan mo lang ako kapag may kailangan ka."** Sabi ko.

**"Thank you."** Sagot nya at nagpilit ng ngiti. **"...Naisip ko lang. Ngayon na may sarili na kong tinitirhan."** Bigla sya'ng ngumiti ng malapad. **"...Pwede na kong magpa-party at magdala ng baba----Argh!"**

Sinikmuraan ko sya para tumigil. Ang bigat na nga ng kalooban ko dahil aalis na sya tapos puro kalokohan lang nasa isip nya.

*Kainis!*

**"Joke lang yun... Bakit kailangan mo kong sikmuraan?"** Naiiyak nyang tanung.

**"Ang kulit mo kasi!"**

Bumaba na ko ng sasakyan. Sumunod naman sya sakin. Si Kuya Angelo na ang nagtulak ng maleta nya. Kahit hindi nya ipahalata, alam kong hirap na hirap sya.

**"Sorry sa istorbo Mr. Fernandez."** Bungad ng Mama ni Ci samin. **"...Alam kong malaki na ang napeperwisyo ni Ci-N sa inyo."**

Yumuko si Ci-N. Ramdam kong napapahiya sa sinasabi ng Mama nya.

**"Okay lang po. Hindi naman po kami pinahirapan ni Ci-N."** Sabi ni Kuya Angelo at ngumiti.

*Kayo hindi, ako OO!*

**"Let us thank you for letting Ci-N stay in your house. How about dinner?"** Sabi nung Papa ni Ci.

**"Thanks Mr. Peralta. That will be great."** Sagot ni Kuya.

**"Saturday night?"**

**"Sure."**

Nagpapabalik-balik yung tingin ko kay Kuya at sa Papa ni Ci. Ang angas kasi ng usapan nila. Ang yaman-yaman ng dating.

Kahit nag-english ako, hindi ganyan ang datingan ko.

Nilingon ko si Ci na nakayuko at sumusulyap sa kapatid nya. Tinignan ko din yung mga kapatid nya. Masama ang tingin ng Kuya nya sakin---*expected*. Yung ate naman nya kulang nalang pati talampakan ko tignan nya. Mula ulo hanggang paa makatingin sakin----*wagas*.

Si Rakki naman nagpilit lang ng ngiti. Ngumiti din ako sa kanya. Pero bakit nga pala andito sya? Part of the family na agad? Ang sweet nemen.

**"Ci-N! Tara na! Say thank you and goodbye to your friend."** Utos ng Mama nya.

Humarap sya sakin at ngumiti. **"Ayaw mo talaga mag-apply?"**

*Ay ang kulit!*

Umiling nalang ako habang natatawa.

**"Sayang... 50,000 ang sahod."**

Nanlaki yung mata ko sa sinabi nya pero agad naman nya kong tinawanan kaya nakuha kong joke lang yung. *Luko talaga!*

Ginulo ko yung buhok nya, kahit sa totoo lang gusto ko sya'ng ingudngod sa sahig.

**"Bye na Jay... Kita nalang tayo sa school bukas."** Sabi nya at naglakad na palapit sa pamilya nya.

Lumapit sakin si Kuya at umakbay. **"Tara na?"**

Nag-nod ako at naglakad na kami pabalik sa kotse. Pag-andar, tahimik lang kami o mas tamang sabihin na tahimik ang paligid.

Wala na kasing nag-iingay.

*Hay...*

Huminto si Kuya sa tapat ng Mini Mart.

**"Tara... May bibilin lang ako."** Sabi nya at bumaba.

Sumunod naman ako kahit nagtataka. Nanguha sya ng basket pagpasok. Dumampot ng kung ano-ano at tumingin sakin.

**"Kumuha ka na rin ng gusto mo, Jay."** Utos nya sakin.

Napangiti ako at nanguha din ng sariling basket. Gusto ko daw eh, edi kuhanin lahat. *Joke*----pero gusto ko talaga lahat.

Habang nangunguha, napatingin ako sa kabilang side ng shelves. Meron kasing kulay mais na buhok. Matangkad yung may-ari dahil kita na yung ulo nya kahit mataas yung shelves.

*Kulay mais!*

May naalala ko bigla. Sino nga ba yung may kulay mais na buhok? Yung saksakan ng baduy yung pangalan at may hawig sa kumanta ng PPAP.

**"Jay-jay?"** Tawag ng kung sino.

Pagtingin ko, yung lalaking may-ari ng dilaw na buhok at sya rin yung sinasabi kong kahawig nung kumanta ng PPAP.

**"Tiger?"**

**"Sabi na nga ba ikaw yan eh!"** Sabi nya at agad na lumapit sakin.

Medyo napaatras pa ko dahil umamba sya ng yakap. Buti nalang at nakuha nya agad na ayokong yumakap sa kanya.

*Muka sya'ng angutin!*

Naka-long sleeve na butas, short na kupas at naka-tsinelas habang naka-medyas. Ayos ang pormahan!

**"Panu ka napunta dito?"** Taka'ng tanung ko.

**"Malamang sumakay ng kotse at pumarada dyan sa labas."** Inis na sagot nya sakin.

**"Ahh... So hindi kana naglakad galing sa kotse papunta dito sa loob?"** Sarkastiko kong tanung.

Tumahimik sya at tinignan ako. Bigla nalang sya'ng tumawa ng malakas, pati ako natawa na rin. *Abnormal kasi!*

**"Jay!"** Tawag ni Kuya Angelo sakin. **"...Okay na ba----"** napatigil sya ng makita yung kausap ko. **"Leo?"**

*Leo?*

Sino'ng Leo? Nagpabalik-balik yung tingin ko kay Kuya Angelo at kay Tiger----*teka nga!* Leo, tunog Lion.

Tinignan ko si Tiger. **"Ikaw si Leo?"**

Bigla sya'ng ngumiti ng malapad. Umakbay sakin si Kuya at bahagya ako'ng nilapit sa kanya.

**"Kamusta Angelo? Long time no see."** Sabi nya na parang nang-aasar.

Humigpit yung kamay ni Kuya sa balikat ko kaya napatingin ako sa kanya. Nakay Leo---Tiger ang tingin nya.

**"Ayus lang. Nice seeing you here."** Parang sapilitan yung sagot ni Kuya.

Matagal ang titigan nilang dalawa. Parang may something sa kanila. Bigla nalang tumingin sakin si Tiger at kumindat.

Nalukot ang noo ko. **"Susundutin ko mata mo."** Banta ko.

Tumawa sya ng bahagya. **"Cute mo dyan. Hindi na kita lilibre pizza."**

*Edi wag!*

**"Magkakilala kayo?"** Tanung ni Kuya.

*Ay shit!*

Hindi nga pala alam ni Kuya na nagpunta ako sa Kingsground. Lagot ako nito!

Tinignan ko si Tiger na nakiki-usap. Kayalang ang walang-hiya, hindi marunong makisama.

**"Oo... Nakilala ko sya nung nagpunta sila sa Kingsground."**

Yung kamay ni Kuya bigla nalang humigpit. *Aray! Putik!* Pakiramdam ko babalian nya ko ng buto.

**"Nagpunta sila sa *Kingsground.*"** Pag-uulit ni Kuya sabay tingin sakin ng makahulugan.

*Jay-jay! Play Dead!*

Pero hindi naman pwede. Lagot ako nito pag-uwi. Kaylangan ko na yata'ng kainin lahat ng gusto ko. Bibitayin na kasi ako.

**"Oy, tignan mo nga naman..."** Sabi ni Tiger habang nakatingin sa bandang likod namin. **"...Alvin!"**

Sabay-sabay pa kaming tumingin sa tinawag nya. *Si Sir Alvin!* Taka sya'ng tumingin sa side namin at naglakad palapit.

*Magkakakilala din sila?*

**"Angelo..."** Bati nya kay Kuya at ngumiti. Nag-fist bump pa sila.

*Tropa-tropa sila?*

Tinignan nya ko at ngumiti din. **"...Hello Jay."**

Ngumiti ako at gusto ko sana'ng sumigaw ng '*Ilayo nyo ko kay Kuya Sir*'. Baka matulungan nya ko, teacher ko naman sya eh.

Bumaling sya kay Tiger at bigla nalan naging seryoso ang muka nya. **"Leo."**

Bahagya'ng tumawa si Tiger pero parang may halong inis. **"Wag nyo kong tignan na parang napaka-sama kong tao."**

**"Sorry... Ang laki lang kasi ng pinagbago mo."** Sagot ni Sir.

**"Well... Kamusta naman ang pinagbago ko? Ayos ba?"**

Sabay si Kuya Angelo at Sir Alvin na tumingin sa kanya mula ulo hanggang paa.

**"Ang... Ang panget mo."** Seryoso'ng sagot ni Sir.

*Ppffttt...*

Muntik pa kong masamid sa pagpigil lang ng tawa ko. Agad namang nagsalubong ang kilay ni Tiger.

**"Panget?! Gago ka ba?!"** Tumingin sya kay Kuya. **"...Panget ba ko Angelo?!"**

**"Ang totoo... Hindi naman."** Ngumiti si Tiger sa sagot ni Kuya. **"...Ang panget-panget lang."**

Hindi ko na napigilan ang tawa ko. Napaka-seryoso pa ng mga pagmumuka nila habang sumasagot. Ayos din tong dalawa na to! Mukang tropa-tropa talaga sila.

**"Tsk! Makaalis na nga! Daming insicure masyado sa kagwapuhan ko! Sinisiraan nalang ako!"** Sabi nya habang naglalakad papunta sa cashier.

Seryoso pa rin yung muka nila Kuya at Sir. Nagkamustahan sila sandali at naglakad na rin papunta sa cashier. Buti nalang at hindi nila pinag-usapan yung pag-aaral ko.

Paglabas ng Mini Mart bigla nalang ako'ng inakbayan ni Kuya pero yung braso nya umikot sa leeg ko. *Lagot na ko!*

**"Nagpunta ka ng Kingsground ng hindi ko alam. Ang tigas ng ulo mo!"** Sabi nya.

Hinampas-hampas ko yung braso nya. **"K-kuya! Matagal na yun!"**

**"Kahit na! Pasaway ka talaga eh!"**

Humigpit yung pagkaka-ikot ng braso nya sa leeg ko kaya napapasigaw nalang ako.

**"Humanda ka sakin----"**

Tumunog bigla yung phone nya. Binitiwan nya ko at sinagot yung tawag.

**"Ma, Pauwi na ka----ha?!.... Bakit?!.... Anu nangyari?!.... Sige, papunta na kami."**

Pinatay nya yung tawag at dali-dali'ng naglakad palapit sa kotse. Sumunod naman ako.

**"Anu yun Kuya?"** Tanung ko pagsakay.

**"Si Aries sinugod daw sa ospital."**

Bigla nalang akong nag-alala. Ang bilis din ng tibok ng puso ko dahil sa kaba.

*Si Aries! B-bakit?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 164

**Galawang Ulupong**

***Jay-jay's POV***

Sakit sa baga! Pero bakit? Panu?

Wala ako'ng naintindihan sa pinag-usapan nila Tita Gema at nung doctor. Damage tissue keneme lang ang narinig ko.

*Kailan pa kaya yun?!*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Keifer. **"...A penny for your thoughts."**

**"Huh?!"**

**"Yun na naman ba iniisip mo?"**

Umiling ako. Alam kong si Yuri ang tinutukoy nya. Nakadagdag din talaga kasi sa pag-aalala ko yung hindi nya pagpasok. Sinubukan ko sya'ng itext o tawagan pero nakapatay ang phone nya.

Pero ang mas pinoproblema ko, yung kay Aries. Akala ko na-ospital sya dahil sa pagkakadagan ng maleta sa kanya. Pero nung sinabi nung Doctor na Lung Problem daw, napaisip ako.

Wala ako'ng maalala na naninigarilyo si Aries. Masipag nga sya'ng mag-jogging sa umaga kaya panung nagkaroon ng Lung problem?

**"Si Aries kasi... Nasa ospital."** Halos pabulong kong sagot.

**"Bakit?"**

**"Lung problem daw."**

Tumahimik si Keifer. Ewan ko pero bigla nalang ako'ng kinutuban. Tinitigan ko sya at bigla nalang pumasok sa isip ko yung '*Second hand smoke*'.

**"Naninigarilyo ka ba sa harap ni Aries dati?"**

**"Hindi dapat ako ang tanungin mo dyan. You should ask his classmate. Sila yung madalas nyang kasama."** Sabi nya sabay irap sakin. **"...beside, nag-smoke lang ako ilang buwan after mamatay ni Percy."**

Ibig sabihin hindi na sila magkakasama nun. Pero panu nga nagkaroon ng Lung problem si Aries. Sana naman hindi yung iniisip kong sakit sa baga. Nakakatakot tuloy.

Bigla nalang hinawakan ni Keifer yung kamay ko. **"Magiging okay din si Aries."**

Ngumiti ako sa kanya pero bigla'ng naging ngiwi ng marinig ko na umuubo si Ci-N.

Parang sya'ng hihikain sa ubo nya. Kasabay ng pag-ubo nya ang pagbigkas nya ng salitang '*Ang sweet*'.

*Bata'ng kumag!*

Pinagtinginan tuloy sya ng mga ulupong. Napilitan akong bumitaw kay Keifer. Alam ko naman na alam na rin nya na may alam si Ci.

Dumating na yung sunod naming teacher pagkatapos ni Sir Alvin. Habang nagka-klase, may pagkakataon na tumitingin ako sa pwesto ni Yuri.

*Panu kung bumalik na naman sya sa dati?*

Panu kung pinuntahan na naman nya si Leo a.k.a Tiger. Wag naman sana!

May bigla nalang sumipa sa upuan ko. Muntik na kong mapasigaw. Tinignan ko ng masama si Keifer dahil sya lang naman ang katabi ko at pwedeng gumawa nun.

Patay malisya ang luko at nakatitig sa board.

*Bakit na naman ba?!*

Umayos ako ng upo at bigla nalang umuga yung bangko ko. Hindi na pantay yung paa nung bangko.  *Asar naman!* Pinilit kong ayusin yun at dahil dun pinagtinginan ako.

**"Ms. Mariano? May problema ba?"** Tanung nung teacher namin.

**"Sorry po. Ayusin ko lang po bangkuan ko."** Sabi ko at tumayo.

Nag-nod lang sakin si Ma'am at hinayaan akong ituloy yung ginagawa ko.

Habang nakatayo may bigla nalang humatak sakin. Napairit ako sa sobrang gulat at dire-diretso'ng napaupo sa kandungan ni....*Keifer?*

*Anaknang!*

Tinignan agad ako ng buong klase. Tatayo na sana ako ng yumakap ang wala'ng hiya'ng kumag sa baywang ko.

Nakaramdam ako ng sobrang kahihiyan. Uminit na ng tuluyan ang pisngi ko. Tapos sasabayan pa ng puso kong nagwawala na sa pagtibok.

*Hinay lang brad!*

**"Mr. Watson at Ms. Mariano."** Tawag samin nung teacher.

Bigla'ng nagtaas ng kamay si Ci-N. **"Correction po. Mrs. Watson po dapat."**

Malakas na hiyawan ang binigay ng buong klase. *Mga Animal!*

**"Keifer... Anu ba? Babalik na ko sa upuan ko."** Sabi ko na may halong paki-usap.

**"Stay here."** Utos nya at tumingin sa mga kaklase namin. **"...Eren! Fix her chair."**

*Anu?!*

Lumapit si Eren at inayos na pilit yung upuan ko. Hindi ko alam kung ganu katagal ako dito sa kandungan nya pero hindi ko nagugustuhan.

*Talaga ba?!*

Gusto ko----Ay hindi!

Nasa amin ang atensyon ng buong klase. Meron kinikilig kagaya ni Ci-N, pero hindi nakaligtas sakin yung mga seryoso ang tingin at halata'ng hindi natutuwa at merong walang paki-alam kagaya ni Josh at David.

Natapos si Eren kaya agad akong bumalik sa upuan ko. Yumuko lang ako, hindi ako natutuwa o kinikilig. Sino'ng gusto ng ganung atensyon?

Natapos ang klase ng hindi ko pinapansin ang pesteng Hari ng mga Ulupong. Pakiramdam ko kasi sinadya nya yung nangyari kanina.

Dumating ang sunod na teacher at mahaba-habang diskasyon ang ginawa nya.

**"Mr. Watson! Nakikinig kaba?"** Tanung nung teacher namin.

Bahagya ko sya'ng tinignan at dun ko napansin na nakatitig pala sya sakin. Humarap sya sa teacher namin at ngumiti.

**"Yes, i am."**

**"Then explain this."** Sabi nung teacher habang nakaturo sa board.

Tumayo sya at nagsimulang magsalita. Sa totoo lang, wala ako'ng maintindihan sa sinasabi nya. Actually wala talaga ako'ng naiintindihan sa lesson. Hindi kasi ako nakikinig.

Bigla sya'ng tumigil at humarap sakin. **"Anu nga ulit tagalog ng profit?"**

*Profit... Kita?*

**"Kita or kinita ata."** Alanganin kong sagot.

Bumalik sya sa pagpapaliwanag. Meron lang ako'ng napansin, english kasi yung paliwanag nya. Anung connect nun sa tinanung nya sakin?

Huminto ulit sya sa pagpapaliwanag at humarap na naman sakin. **"Eh yung Expensive Profit?"**

*Meron ba nun?*

Napapailing ako sa kanya dahil hindi ko naman alam yun sagot pero naghihintay sya. Hindi ako sigurado kaya naman wala ako sa sarili ko na sumagot.

**"Mahal na kita?"**

Ngumiti sya sakin. **"Mahal din kita."**

*Ay putik!*

Malakas na hiyawan na naman ang ng galing sa mga luko. Bigla-bigla nalang sya'ng humihirit ng ganun.

Napapayuko nalang ako. Ayoko ipakita sa kanila yung muka ko. Ang init kasi at kahit hindi ko nakikita, alam kong namumula na ko.

Kinagat ko na din yung ibabang labi ko para mawala yung nararamdaman ko. *Kainis kasi!*

Bumalik si Ma'am sa pagtuturo. Ayoko ng tignan o pansinin tong Gago'ng Hari ng mga Ulupong. Pakiramdam ko kapag pinansin ko sya may gagawin na naman sya'ng kalokohan.

Dumating ang lunch at kahit doon lumalayo ako sa kanya. Lagi kong sinasabi na tutulungan ko si Eman. Kahit walang gagawin, tutulong pa rin ako makalayo lang ako sa kanya.

Siguro napansin nya yung ginagawa kong pag-iwas. Nung sunod na subject, panay ang tawag at kalabit nya sakin pero hindi ko sya pinapansin.

**"Jay..."**

*Wag mong pansinin! Gagawa lang ng eksena yan.*

**"Jay-jay..."**

*Keifer papansin!*

**"Jasper..."**

*Bahala ka dyan!*

**"Jean..."**

*Kumag ka!*

**"Mariano..."**

*Aywan ko sayo!*

**"Watson."**

*Ikaw yun, hindi ako!*

**"Jasper Jean Mariano Watson."**

*Huh?!*

Kahit hindi ko tignan, ramdam ko yung pag-ngisi nya. Ramdam ko din na malapit-lapit na kong mapikon sa kanya.

**"My wife..."**

*Tumigil kana!*

**"My life..."**

*Hmm?!*

**"My everything..."**

*Anu bang pinagsasabi nito?!*

**"Pansinin mo na Jay... Gusto mo pa yata'ng kantahan ka ni Keifer."** Sabi ni Calix at agad ko sya'ng tinignan ng masama.

Tinawanan lang naman nya ko. Pati pala yung iba pinag-mamasdan din kami. Bakit ba kasi ang tagal ng teacher namin?

**"Hey..."** Tawag ulit sakin ni Keifer.

Sa pagkakataon na to, hinarap ko na sya. **"Bakit ba?"**

**"Gusto mo ng lips?"** Tanung nya habang nakangiti.

Napataas ang isang kilay ko. Adik ata tong pvtrages na to!

**"...eto oh!"** Meron sya'ng kinuha sa bulsa nya at iniabot sakin ang apat na piraso ng Lips Candy.

*Kala ko kung anu'ng Lips.*

Gusto ko din ng matamis kaya naman kukuha sana ako. Bigla nalang inilayo ni Keifer yung kamay nya'ng may hawak ng Candy. Ako naman si Tanga, medyo hinabol pa at bahagya'ng lumapit sa kanya.

*Ang wala'ng hiya... Bow!*

Ang wala'ng hiya, kinuha yung pagkakataon at bigla nalang nilapit sakin yung muka nya.

*Ayun! Shutanginames!*

Nabingi ako. Hindi dahil sa malakas na sigawan ng mga Ulupong na sinabayan pa ng kalampagan sa lamesa. Nabingi ako dahil sa bilis ng tibok ng puso ko.

**"Masarap ang Lips diba?"** Sabi nya habang nakangiti.

*Gago!*

Napatayo ako sa sobrang pagkabigla. Magsasalita pa sana ako, pero umurong na yung dila ko. Walang kahit anu'ng lumalabas.

Napapadyak nalang ako at naglakad palabas ng room. Dumiretso ako sa second floor ng building. Putang'na kasi!

Oo... nagk-kiss kami pero hindi sa harap ng iba. Ayoko nun eh! At ayoko rin ng ginagawa nya. Kahit wala si Yuri pakiramdam ko masasaktan ko pa rin sya.

Nawalan na tuloy ako ng gana pumasok. Naupo muna ko sa sahig habang nakasandal sa pader.

**"Jay..."** Tawag sakin ng kung sino.

Paglingon ko, si Drew at Denzel lang pala. Medyo kinabahan pa ko, baka kasi multo.

**"Bakit?"**

Lumapit sila sakin at naupo sa tabi ko.

**"Kayo naba ni Keifer?"** Tanung ni Drew.

Nakita ko si Mayo na kasunod lang din nila. Seryoso ang itsura nya na nakatingin sakin.

**"Totoo ba? Kayo na ni Keifer?"** Tanung nya.

**"H-hindi."**

**"Kakasabi lang ni Ci-N. May something na daw kayo."** Sabi ni Drew na ikinabigla ko.

*Ang bata'ng yun!*

Wala ka ng natago sa taong yun. Lahat nalang dinaldal. Humanda sya sakin mamaya.

**"Si Keifer na yung pinili mo? Panu na si Yuri?"** Nag-aalalang tanung ni Denzel.

**"Dapat si Yuri ang pinili mo."** Sabi ni Mayo.

**"Hindi ko naman kasi matuturuan yung puso."** Halos pabulong kong sagot.

**"Kahit na... Hindi mo kasi naiintindihan."** Dagdag pa ni Drew.

Taka ko silang tinignan. **"Panung..."**

Tumayo si Denzel mula sa pagkakaupo sa tabi ko. **"Paiiyakin ka lang ni Keifer."**

Sumunod si Drew sa kanya. **"Sana hindi mo pagsisihan ang hindi pagpili kay Yuri."**

*Anu bang...*

**"Nahati na naman ang Section E. Sana lang hindi ka maipit sa magiging away namin."** Sabi ni Mayo at tuluyan ng naglakad paalis.

Kasunod nya si Denzel at Drew. Naiwan akong gulong-gulo sa mga pinagsasabi nya.

*Kahit anu'ng mangyari. Pag-isipan mo lahat. Malaking gulo yung naganap nun sa Section E ng dahil sa love triangle na yan. Ayoko'ng maranasan mo yung naging paghihirap ni Ella. ---Mica*
(Chapter 119---Christmas Part 5.0)

Nasampal ko nalang ang noo ko. Anu'ng nagawa ko? Mauulit ba pati yung nangyari na yun?

Anu ng gagawin ko?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 165

**Dinner**

***Jay-jay's POV***

Sabog na naman ako! Hindi sa drags kundi sa sobrang pag-iisip. Nag-uumpisa na kasi yung kinakatakutan ko.

Hindi na nagpapasinan yung ibang suportado kay Keifer at Yuri. Meron namang walang paki-alam pero napipilitang makisali sa away.

Ang masama pa nito, nagatungan a yung pag-aaway ng iba. Kagaya ni Kit Mayo. Hindi nga nag-uusap dahil sa issue nila, dumagdag pa yung usapin samin.

*Shit lang!*

May narinig ako'ng kumatok sa pinto ng kwarto ko. Bumukas yun at iniluwa si Kuya Angelo.

**"Jay... Magbihis ka. May pupuntahan tayo."** Utos nya sakin.

**"Ha?"**

**"Magbihis ka, mag-dress ka nalang siguro."**

Lumabas sya ng kwarto. Hindi ko na natanong kung bakit at para saan. Tumayo ako at nanguha ng damit.

Kahit sobra ang pagtataka ko nagbihis ako. Nag-ayos na rin ako ng buhok. Kayalang hindi ako komportable. Kinuha ko yung sneakers ko at yun ang pinangsamplot ko sa paa.

*Ayoko mag-sandals.*

Paglabas ko, nakataas agad ang kilay ni Kuya sakin. Naiintindihan ko sya. Kasi nga naman, naka-dress ako tapos sneakers. Malakas kasi ang trip ko sa buhay!

Nahahawa na ko sa mga Ulupong na yun!

**"Anu ba yan? Bakit ganyan ayos mo?"** Inis na tanung nya sakin.

**"Ikaw nagsabi-----"**

**"Never mind! Male-late na tayo. Tara na!"**

Kamot batok ako'ng sumunod sa kaya at sumakay sa kotse.

**"Saan ba tayo pupunta?"**

Hindi sya sumagot at tahimik lang na nakatingin sa daan. Anu na naman kaya kami? Hindi pa naman namin kasama sila Tito Julz at Tita Gema. Nakabantay pa rin sila kay Aries na nasa ospital.

Unti-unti'ng bumagal yung kotse at pumarada sa harap ng isang magarbong restaurant. Mukang mayayaman lang ang kumakain dito.

At tama nga ako, pinto pa lang kami gusto ko na umuwi ng bahay. Kahit naka-dress ako, obvious na hindi ako bagay dito. Buti pa si Kuya kahit naka-semi formal bagay-bagay dito. Kahit kaya nakapang-taong-grasa sya, pasok pa rin sya sa banga.

**"Kuya, aanu ba----"** Mukang hindi ko na kailangang magtanung. Mula sa pwesto namin, kita'ng kita ko si Yuri at ang magulang nya.

*Pakshit!*

**"We're having a dinner date with Yuri and his parents."** Sabi ni Kuya at naglakad palapit sa table kung nasan sila Yuri.

Nakasunod lang ako kay Kuya kahit sa totoo lang parang ayaw ng humakbang ng mga paa ko.

**"They're here."** Sabi nung Mama ni Yuri at agad na lumapit sakin para makipag-beso-beso.

**"Sorry... Nalate kami."** Sabi ni Kuya habang nakikipag-batian sa Papa ni Yuri.

Pagkatapos makipag-batian, nagulat nalang ako ng lumapit si Yuri sakin. Nakangiti na parang walang nangyari. Humalik sya sa pisngi ko at medyo napalayo pa ko sa pagkabigla.

Ngumiti sya sakin at hinatak palapit sa upuan. Tinulungan nya kong maka-upo ng maayos. Tinignan ko sya na puno ng pagtataka.

*Kasi naman... Parang walang nangyari!*

**"...kamusta si Aries? Sana hindi malala yung nangyari sakin."** Sabi nung Mama ni Yuri kay Kuya.

**"He's okay now. Matagal ng sakit ni Aries yun. Nabigla lang yung katawan nya kaya nahirapan syang huminga ulit."** Paliwanag nya.

*Matagal?*

Wala ako'ng clue na matagal ng may sakit si Aries. Wala naman kasing mababakas sa itsura nya.

**"That's good to here. Anyways lets talk about the upcoming wedding."**

*Haru! Jusmio...*

Eto na po kami. Sasabak na naman ako sa gera.

**"Gusto sana namin na next year nalang ang kasal, but *Otosan* don't want to. Kaya hihintayin nalang naming mag-birthday si Jay-jay."**

Sumasakit ang ulo ko. Birthday ko? Joke ba yun? Ilang buwan nalang birthday ko na. ILANG BUWAN NALANG!

**"Jay-jay?"** Tawag sakin ni Kuya.

Napansin siguro nya na naka-yuko ako. Hindi ko kaya'ng tumingin kay Yuri at sa pamilya nya.

**"P-po?"**

**"Kelan mo gusto'ng pumili ng gown?"**

*Kelan?* Gown pang-patay ba yan? Ngayon na sana kung okay lang.

**"Okay lang kahit kelan."** Halos pabulong kong sagot.

**"That's great! Sasamahan kita sa pagpili."** Buong ngiti'ng sabi ng Mama nya.

Ngumiti din ako sa kanya. Napansin ko yung titig ni Kuya sakin. Makahulugan kasi yun.

Umiwas ako ng tingin sa kanya pero napatingin naman ako kay Yuri. Wala pa rin akong nababakas na kahit anung galit o inis sa kanya.

*Bakit ka ganyan?*

Dapat galit sya sakin. Dapat hindi nya ko pansinin. Hindi dapat nya ko nilalapitan. Bakit?

Bigla nalang sya'ng tumingin sakin at ngumiti ulit. Tuloy-tuloy lang ang pag-uusap nila.

**"Kailangan na rin nating paturuan ng Nihongo si Jay-jay para hindi na sya mahirapan pagpunta ng Japan."**

Nanginig bigla ang tuhod ko sa narinig ko. Pupunta ng Japan? Bakit ako pupunta sa Japan? Aanu ako don?

*Harakiri!*

**"Are you okay?"** Tanung sakin ni Yuri.

Nag-nod lang ako pero mukang hindi sya naniwala dun.

**"Samahan ko lang po si Jay-jay magpahangin sa labas."** Paalam nya at inalalayan akong makatayo.

Hinatak nya ko hanggang sa gilid ng restaurant. Meron silang mga bench dun at parang mini garden. Naupo ako at pinatong ang siko sa tuhod. Ginamit ko din yung kamay ko pang-takip sa muka ko.

**"Wag mo naman ipakita sa kanila na ayaw mo'ng magpakasal sakin."** Sabi ni Yuri na nakatayo sa tapat ko.

Tinaas ko yung tingin ko sa kanya. Yan yung Yuri'ng kanina ko pa hinahanap.

**"Hindi ko maiwasan. Lalu na nung ngumiti ka sakin at pinaramdam na parang walang nangyari."** Inis na sabi ko. **"...kung galit ka ipakita mo!"**

Huminga sya ng malalim. **"I can't. I can't be mad at you or hate you."**

Taka ko sya'ng tinignan. Anung '*can't*'? Sinaktan ko sya. Dapat magalit sya sakin.

Naupo sya sa harap ko at ginamit na pang-suporta ang isa'ng tuhod. Halos magkapantay na kami.

**"...Ganun kita kamahal. Kahit anu'ng panloloko mo sakin. Kahit ganu mo ko saktan. Hindi'ng hindi ko kaya na magalit sayo. Oo... nasigawan kita nung una pero naisip kong mali yun and apologize for that."**

*Apologize?! Sabog kaba?!*

Kusa nalang bumagsak ang luha ko ng hindi ko namamalayan. Parang may kung anung sumasakal sakin.

**"Wag mo naman ako'ng pahirapan ng ganito."** Pakiusap ko. **"...H-hindi ko deserve to. Hindi ko deserve yung pagmamahal mo."**

Hinawakan nya yung pisngi ko at pinunasan yung luha ko gamit ang hinalalaki nya.

**"Siguro nga, hindi. Pero ikaw yung mahal ko. Ikaw yung minahal ko. Kaya kahit hindi mo deserve, ibibigay ko pa rin sayo."**

*Tumigil kana...*

**"Yuri... Please... Tama na."**

Ngumiti sya sakin. **"I will not stop. Not now."** Inalis nya yung kamay nya sa pisngi ko at tumayo. **"...Mali pala ako. I'm not defeated by Keifer. I actually won."**

Dahan-dahan ako'ng tumayo at tumingin sa kanya.

**"...Maybe your heart belongs to him but physically you belong to me. Ako ang makakasama mo at hindi sya. Ako ang panalo at akin ka."**

Ngumiti ulit sya kagaya ng ngiti'ng pinapakita nya kanina pa. Lumakad sya pabalik sa loob ng restaurant. Naiwan ako'ng wala sa sarili.

Napaupo ulit ako sa bench dala ng panlalambot ng tuhod. Ilang beses kong pinupunasan ang luha ko. Pero tuwing iisipin ko at tatangkain na tumayo para pumasok ulit sa loob, nakikipag-unahan yung luha ko.

*Asar naman...*

May ilang minuto pa kong nag-stay sa pwesto ko. Naririnig ko yung cellphone ko sa bulsa ng dress na suot ko. Alam kong tinatawagan na ko ni Kuya.

**"Jay?"**

Tinignan ko yung tumawag sakin. Taka ko sya'ng pinagmasdan dahil na rin sa medyo madilim na paligid. Akala ko nung una si Keifer pero merong sya'ng suot na salamin.

*Keigan!*

Meron sya'ng kasama'ng babae na pamilyar sakin.

**"A-anung ginagawa nyo dito?"** Tanung ko habang inaayos ang sarili ko.

**"We're going to celebrate my girlfriend's birthday here."** Humarap sya sa kasama nya at bahagya'ng hinatak palapit sa kanya. **"...This is Elixera Fediricos, my girlfriend."**

Ngumiti sya sakin at inabot ang kamay nya. Kinuha ko yun at nakipag-shake hands. Naalala ko na! Sya yung bestfriend ni Blaster, yung nasa picture sa cellphone nya.

Mas maganda sya sa personal. Kaya pala nag-aagawan tong dalawa. Kung lalaki lang ako, makiki-agaw din ako.

Kahit medyo madilim, kita ko yung kinis ng kutis. Mala-perlas, nahiya yung kutis ko'ng mala-kristal. Mahabang kulot ang buhok at mapula yung pisngi. Gusto ko din ng Rosy cheeks. Halos pantay na kami kahit obvious na mas bata sya.

*Nakakahiya itsura mo Jay!*

**"Anu nga pa lang ginagawa mo dito? Bakit mag-isa ka?"** Tanung nya sakin.

**"A-anu... K-kasi----"** bigla nalang tumunog yung cellphone nya. Sinenyasan nya ko ng isa sa daliri at bahagya'ng lumayo samin.

Habang hinihintay na matapos si Keigan sa kausap, hindi maalis yung tingin ko sa girlfriend nya.

May pagkakataon na titingin sya sakin at ngingiti ng nakakailang. Nakakahiya kasi yung ginagawa kong pagtitig sa kanya. Hindi ko matiis ih!

Bigla nalang tumunog yung cellphone nya. Kinuha nya yun sa bag na dala nya at kita'ng kita ko ang picture ni Blaster at may nakalagay na *Calling*...

Nataranta sya sa pagpatay ng phone at binalik yun sa bag nya. Tumingin sa side ni Keigan pero muka'ng hindi naman nya napansin. Kagat labi sya'ng humarap sakin at para'ng merong gusto'ng sabihin.

**"I-ikaw po si Jay-jay... Tama?"** Tanung nya sakin.

Nag-nod naman ako.

**"K-kasi... B-baka pwedeng..."**

Alam kong gusto nya'ng sabihin. Ayaw nya'ng makarating kay Keigan na tumawag si Blaster sa kanya. Ngumiti ako sa kanya at nagsenyas ng zipper sa bibig.

Tatahimik lang ako. Baka magkagulo o mag-away sila kung magsasalita pa ko.

**"Happy birthday..."** Sabi ko.

**"Thank you po."** Sabi nya at ngumiti sakin ng makahulugan.

Tapos ng makipag-usap si Keigan at lumapit sya samin.

**"Andyan na daw si Kuya sa loob. Tara na?"** Tanung ni Keigan kay Elixera.

*Kuya?*

Si Keifer! Bigla nalang ako'ng na-excite sa hindi ko maintindihan na dahilan. Dahil na rin siguro sa nangyari kanina, gusto ko din sya makausap. Nauna pa ko kila Keigan na pumasok sa loob at paglapit ko sa table namin, andun sya at.....

*May kasama'ng babae.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 166

**Author's Note:** Two Chapters Only, the reason why is because my grandfather died almost a week now. We're busy with the funeral and i can't focus to write the next few chapters. I hope you all understand.

Babawi nalang po ako next week, start na rin ng retreat nila. Malapit na tayo sa ultimate super duper climax at syempre sa ending.

**Bread Knife**

***Jay-jay's POV***

Nung nakilala ko si Freya, kinamuhian ko sya ng husto. Bakit? Simple lang.... Nakikipag-sabayan sya ng kamalditahan sakin. Kung nakapag-usap siguro kami ng maayos malamang may chance pa kaming maging magkaibigan.

Tatanggapin ko sya kahit muka syang coloring book at may record sya ng pagiging Total Bitch.

Pero dahil pareho kaming hindi nagpapatalo. Hinding hindi kami magkakasundo.

Buong akala ko si Freya na ang pinak-malala sa lahat pero mali ako. Maling mali ako. Lalu na ng makaharap ko ang babaeng to!

Feeling ko nanadya yung parents ni Yuri----ay hindi!

Tanggaling natin yung word na '*feeling*' dahil sinasadya nila talaga to. Maki-share sa table? *Shutang'names!*

May sarili silang celebration, tapos makiki-share samin. Joke ba yun?! Mas muka pang-joke tong pagmumuka ng kasama ni Keifer. Maka-angkla sa braso nya wagas.
Formal na formal pa ang ayos nila.

Tropa yata ni Freya to eh! Mukang coloring book din. Ang weird pa dahil pamilyar din sya sakin. Hindi ko maalala kung saang impyerno sya hinugot.

*IMPAKTA!*

Napatingin ako sa Mama ni Yuri. Nakatitig kasi sya sakin, ngumiti naman sya ng mapansin nyang nakita ko sya.

Nakita nga pala nya kami dati ni Keifer. Kaya siguro inaya din nya sila dito. Anung gusto nyang mangyari?

**"Iha..."** Tawag nung Papa ni Yuri dun sa babaeng LINTA na nakahawak kay Keifer. **"...Saan naman kayo nagkakilala ni Keifer?"**

Ngumiti yung babae. **"Thats a great question."** Bahagya nyang niyugyog si Keifer. **"...Would like to tell them how?"**

*Ay pvta! Gumaganon!*

Bahagyang umubo ang PESTENG Hari ng mga Ulupong. **"I met her in a halloween party last year..."**

Halloween? Holy cow kalabaw! Yung Malanding Bunny Girl na nakipag-sayaw sa kanya! Naalala ko na! Kaya pala ang init ng dugo ko sa kanya.

Nagpatuloy sya sa pagkukwento, kelan lang pala nya nalaman na pamangkin pala ni Mr. Ryder yung babae. At nakakabanas pa talaga ang pangalan nya... *Honey Bee Ryder.*

*Nice! Pero bakit andito sya?!*

Ang daming pagkain sa harap namin pero wa-epek sakin. Nawalan talaga ko ng gana dahil sa pagmumuka ng babaeng to. Ang isa pang kinaiinis ko, hindi man lang ako tinitignan ni Keifer kumag. Isama pa don na halatang nakikiramdam sakin si Yuri at Mama nya.

*Anu bang gusto nila?*

**"Maki... Open your mouth."** Sabi nung babae habang pilit sinusubuan yung Kumag.

Anu ulit? Maki?! Maki! MAKI!!! Saan galing ang putanginang Maki na yun?

**"Maki?!"** Tanung ko na napalakas dahilan para tumingin sila sakin.

Pinagtaasan ako ng kilay ni Honey---na nga, Bee pa. **"Nickname ni Keifer. Bigay ko sa kanya! May problema ba dun?"** Maarteng tanung nya sakin.

Tinignan ko si Keifer pero wala syang reaksyon habang nakatingin sakin. Anu ba? Bakit wala kang ginagawa? Wala ka man lang sasabihin?

**"W-wala..."** Sagot ko at kinuha yung bread knife katabi ng ibang kubyertos.

Makakasugat kaya ng leeg 'to? O kaya kapag binato ko, tatarak kaya sa balat?

*Baka pwede... Try mo kay Honey mukang Bee!*

Napatingin ako sa plato ko ng may biglang maglagay ng patatas. Paglingon ko, si Yuri.

**"Bakit mo ko----"**

**"It's your favorite, right?"** Putol nya sa sasabihin ko.

Naalala nya pa pala yun. Nung minsan kaming nag-dinner sa bahay kasama si Lola, hiningi ko sa kanya yung Patatas.

**"Thank you..."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Hindi pa rin nawawala yung bigat ng pag-uusap namin kanina pero mas nananaig kasi yung pagka-irita ko dito sa dalawa.

Ngumiti din sya sakin.

**"Magka-ano-ano kayong dalawa?"** Biglang tanung nung Honey samin.

Nagbigla ako sa tanung nya. Hindi ko alam ang isasagot ko. Ang masama pa nito, tumingin din sila Kuya at parents ni Yuri sakin. Pare-pareho silang naghihintay ng isasagot ko.

*Teka! Bakit ako?!*

Pati sila Keigan at yung girlfriend nya tumingin din samin.

**"A-anu... K-kami----"** Bigla nalang hinawakan ni Yuri ang kamay ko. Napatingin ako sa kanya at ngumiti sya ng makahulugan.

**"We're more than friends but less than lovers."** Sagot ni Yuri habang nakangiti kila Keifer at dun sa babae.

Tumawa naman ng bahagya yung parents nya at sila Keigan pero si Kuya at Keifer, seryoso ang mga muka.

**"Anu yan? Walang official relationship?"** Tanung ulit nung Honey.

Tumawa si Yuri. Anu yun? Anung '*More than friends but less than lovers*'? Ngayon lang ako nakarinig ng ganung relasyon.

**"...I understand. Meron talagang ayaw ng official relationship. Parang si Maki, ayaw pang makipag-official sakin."** Sabi nya habang hinihimas ang balikat nitong PUTIK na Hari.

Nagpantig ang tenga ko sa sinabi nya. Ayaw ng official relationship sa kanya? Tangina lang! Hindi ka nga mukang kaseryo-seryoso tapos official pa.

Kakapiraso nga yung tela ng suot mo! Nag-eexpect ka pa ng official. *Ay ulowl!* Kalbuhin kaya kita?

May lalaking waiter ang lumapit samin at may dalang cake. Tumayo si Keigan para kunin yung cake at ibaba sa harap ni Elixera. Nag-umpisa kaming kumanta ng '*Happy Birthday*' habang pumapalakpak.

Habang busy yung iba sa pagkanta, kinuha ko yung pagkakataon para tignan si Keifer. Buti nalang at nakatingin din sya sakin.

Pinandilatan ko sya ng mata. Gustong gusto ko syang sigawan at tadtarin ng mura. Pasalamat sya at marami kaming kasama. Mukang nakuha naman nya yung gusto kong sabihin dahil kamot batok syang nagpilit ng ngiti na nag-mukang ngiwi.

**" *...Happy Birthday to you!* "** Pagtatapos namin sa kanta at hinintay si Elixera na i-blow ang candle.

Malakas na palakpakan ang ibinigay namin sa kanya. Bumalik sila sa pagku-kwentuhan. Pero ako bumalik sa pagtitig sa dalawa.

Inis na inis na talaga ko sa itsura nila. Hindi na ko nakatiis at kinuha ang phone ko. Halos madurog yung screen ng cellphone ko sa pagtype lang ng message. Pero binura ko din at nauwi sa pagsend ng emoticon na galit.

Hinintay ko na kuhanin nya yung cellphone nya at basahin ang message. Hindi naman ako naghintay ng matagal dahil kinuha din nya yun. Tinignan pa nya ko bago mag-reply.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** '*I love you... 😚*'

Akala naman nya kikiligin ako sa message nya. Agad akong nagreply.

**To:** *King Ulupong*
**Message:** '*Ulol!*'

Nakita ko ang paglukot ng noo nya ng makita ang reply ko. Walang pang segundo ng mareceive ko ang sagot nya.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** '*Profanity!*'

Napataas ang isang kilay ko. Talagang nagawa nya pang idemand yun! *Animal!*

**To:** *King Ulupong*
**Message:** '*Muka mo profanity!*'

Nagpabalik-balik yung tingin nya sakin at sa phone nya. Habang nagt-type ng sagot sakin, bigla nalang kinuha ni Honey yung phone nya at pinatay.

Binaba nya sa mesa at hindi man lang nagreklamo tong Gago na to! Humarap si Honey'ng bwisit sa kanya at hinawakan sya sa baba gamit ang isang daliri.

**"I wan't your full attention to me. Only me."** Sabi nya at inilapit ang muka nya kay Keifer.

*Pvta! Ready na yung Bread Knife!*

Hinawakan din ni Keifer yung baba nya. Napaka-landi talaga ng Ulupong na to! Pinagapang nya yung likod ng daliri nya sa pisngi at balikat nitong Honey'ng buset. Feel na feel naman nila at parang nakikiliti pa.

*Tama na! Anu ba tong ginagawa mo Keifer?!*

Ang bigat sa loob at para akong maiiyak sa sobrang inis.

Bigla nalang may humawak sa kamay ko. Medyo nabigla ako dun pero kumalma din ng makita kong si Yuri pala. Andun nga lang yung pagka-ilang.

Lumapit sya sakin ng kaunti at bumulong. **"Jealous?"**

Agad akong umiling. **"Naiirita lang ako sa muka nila."**

**"That's part of jealousy."** Tumingin sya kila Keifer. **"...Ang sarap nilang gantihan diba?"**

Ewan ko, pero nakaka-tempt yung sinabi nya. Totoo... Ang sarap nilang gantihan tapos pareho silang gagapang na puro dugo.

Dahan-dahan akong nag-nod. Mas lumapit pa sya sakin at tumapat sa tenga ko.

**"Giggle."** Bulong nya.

*Huh?!*

**"Anu? Goggle?"** Tanung ko at bigla nalang syang natawa.

Nakuha non ang atensyon nila Keifer at Keigan na malapit samin.

**"Is that Mr. Billiones?"** Biglang sabi nung Papa ni Yuri habang nakatingin sa grupo ng mga mukang business man dahil sa attire. **"...Come on Angelo. Ipapakilala ka namin."**

Tumayo si Kuya at yung parents ni Yuri. Nilapitan nila yung grupo ng mga business man. Naiwan kaming anim sa table at halos mabigla ako sa tingin ni Keifer sakin.

Kulang nalang matunaw kami ni Yuri.

*Ngayon ako titignan mo ng ganyan?*

**"You're Jay-jay, right?"** Tanung ni Honey sakin. Nag-nod lang ako. **"...You look very familiar to me."**

*Hala!*

Baka maalala nya na ako yung kasama nitong isa sa Halloween Party. Hindi nya pwedeng maalala! Alam kong nakita nya yung.... *Walang sagot sa tanung kung bakit ka mahalaga....*

**"Imposible! Unique kaya tong ganda ko. Mahirap hanapin."** Sabi ko at bahagyang tumawa.

Tumaas ang kilay nya. **"Really? Saan naman mahahanap ang mga kagaya mo? Sa palengke?"**

Naningkit ang mata ko sa sinabi nya. Palengke?! At anung gusto nyang sabihin.

**"Excuse me?!"**

**"You're excuse."** Sagot nya habang nakangiti ng mataray sakin.

Hinahamon ako nito. Teka! Hahasain ko lang ang Bread knife.

*Bitch Mode: ON!*

**"Ikaw? Saan nahahanap ang mga kagaya mo?"** Tanung ko.

Kita ko mula sa peripheral view ko ang pag-inom ni Yuri ng tubig. Niluwagan naman ni Keifer ang necktie nya at nagtinginan si Elixera at Keigan.

Nag-flip ng hair ang Gaga bago sumagot. **"Mahirap hanapin ang mga kagaya ko. I'm one of a kind."**

Dahan-dahan akong nag-nod. **"Ahh... Hindi ba sa Gay Bar?"**

Nalukot ang noo nya. **"What do you mean?"**

**"Muka ka kasing bakla."**

Bigla nalang silang tumawa maliban samin ni Honey. Itsura pa lang, halatang hindi magpapatalo ang Gaga.

Tumawa sya ng fake para makisabay sa tawa nila. **"Ha.Ha.Ha. You're so funny."**

Ginaya ko ang tono nya. **"Ha.Ha.Ha. You're so Fanget."**

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay nya. Anu mang oras sasabog na sya. Baka bigla nalang nya kong sabunutan. Dapat hasa na ang Bread knife.

**"...este Funny pala."** Pagtatama ko.

**"You know what?"** Nag-cross arm sya dahilan para lumuwa ang dibdib nya. **"...I don't like your tone. In fact, i don't like you at all."**

Nag-cross arm din ako, yun nga lang walang dibdib na niluwa---nakatago cleavage ko eh!

**"It's okay... I don't like you too and the feeling is mutual."** Sagot ko sa kanya at ngumiti ng nakaka-asar.

Napailing nalang sya. **"This make no sense."**

**"You make no sense."**

Nag-uumpisa na syang mamula sa galit. Hindi na rin maalis ang masamang tingin nya sakin.

**"Relax... Please... Wag kayong gumawa ng eksena dito."** Sabi ni Keigan.

Muka namang natauhan ang Honey na to. Huminga sya ng malalim at tumayo.

**"Restroom lang ako."** Sabi nya at tumingin kay Keifer. **"...Wanna join me?"**

*Join?! Join pala ah!*

Pinandilatan ko ng mata si Keifer. Kulang nalang ibato ko sa kanya yung eye balls ko. **"Subukan mong tumayo dyan sa kinauupuan mo! Maniwala ka! Yan na magiging huling beses na makakatayo ka!"** Banta ko.

Kita ko ang pagbaba at taas ng adams apple nya. Mukang nakuha naman nya yung ibig kong sabihin at nagpaiwan nalang. Inis na naglakad si Honey'ng Bobita papuntang Restroom.

Ewan ko... Pero hindi talaga ako kuntento. Feeling ko kulang pa yung sagutan namin.

Tumayo ako at nagpaalam na mag-restroom. Walang pumigil sakin kahit gustong gusto na ni Yuri. Mukang natakot din sya ng tignan ko sya ng masama.

Tuloy-tuloy akong naglakad papuntang restroom. Kagaya ng inaasahan ko, nakaharap sya sa salamin at nagr-retouch at mukang hinihintay nya ko.

Tinignan ko yung reflection nya sa salamin. Ganun din ang ginawa nya. Huminto sya at parang nakaramdam ang mga babaeng nasa loob ng restroom. Kusa silang lumabas meron namang hindi na tumuloy sa pagpasok sa cubicle.

Hinintay naming mawala ang mga tao bago sya magsalita. **"I remember you now."** Sabi nya at umikot para humarap sakin. **"...Ikaw yung babaeng kasama ni Keifer nung Halloween party. Ikaw din yung kahalikan nya that night."**

Nag-cross arm ako. **"Eh anu ngayon?"**

Nag-smirk sya. **"May something na kayo nung katabi mo kanina diba? Tapos may Keifer pa. Ang landi mo naman pala."**

**"Oo! Parang ikaw."**

Tinignan nya ko mula ulo hanggang paa. Tumaas pa ang kilay nya ng makita ang sapatos ko. Alam ko, ang baduy ng naka-dress tapos sapatos.

**"Your not that pretty pero kung lumandi ka... Parang mauubusan ka ng lalaki."** Sabi nya dahilan para magsalubungan ng tuluyan ang kilay ko.

Hindi ko gusto yung mga salitang binitawan nya. Parang nag-flash sakin yung mga sinasabi ng tao kay Mama.

**"Bakit hindi ka makasagot?"** Tanung nya sakin na para bang nanalo na sya. **"...Kasi totoo. Tama---Argh!"**

Nagdilim ang paningin ko. Sa sobrang galit ko dahil sa sinabi nya, kusa nalang gumalaw ang kamay ko para suntukin sya.

**"What the fvck!"** Sigaw nya habang hinahawakan ang ilong nyang dumudugo na.

Ayoko sanang manakit o makipag-pisikalan. Kayalang sinagad na ko ng babaeng to. Sa unang pagkakataon.... Natalo ako sa labanan ng kamalditahan.

Dahil lang sa mga salitang minsan kong narinig na ibinato ng mga tao sa Mama ko.

*Mauubusan ng lalaki.*

Nanginginig ang kamay ni Honey habang pilit hinuhugasan sa lababo ang dugo sa ilong nya.

Lumabas ako ng restroom ng sobrang sama ang loob. Nasa hallway na ko ng makita ko si Keifer.

Tinignan nya ko at agad na lumakad palapit sakin. Hinawakan nya ko sa braso at isinandal sa pader. Nakangiti sya habang unti-unting sinasandal ang mga palad para maikulong ako.

**"How's your conversation with Honey?"** Tanung nya na kinainis ko.

Para kasing hindi pangalan yung Honey kapag sa bibig nya nang-galing.

**"Paki mo!"** Pagtataray ko.

Bahagya syang tumawa. **"Nag-seselos ka ba?"**

*AKO?! MAGSESELOS?! AT BAKIT?!*

**"Hindi."** Mahinahon kong sagot.

**"Nagseselos ka."**

**"Hindi nga."**

**"Nagseselos ka."** Paguulit nya.

Agad ko syang tinulak ng malakas. Nabigla pa sya nung una pero naka-ayos din agad ng tayo.

**"Tang'na! Hindi nga sinabi! Hindi kaba makaintindi?!"** Galit na sagot ko sa kanya.

*Hindi naman kasi talaga!*

Tinaas nya ang dalawang daliri nya. Akala ko nag-peace sign pero napansin ko yung nakakalokong ngiti nya.

**"Two profanity words----actually, it's three from yesterday."** Pagtatama nya.

Hinampas ko yung kamay nya. **"Muka mo profanity! Nakahalik kana kahapon! Partida nanigarilyo ka, nalasahan ko."** Lumapit ako sa kanya para amoyin. **"...At amoy kang sigarilyo ngayon!"**

Inamoy din nya ang sarili nya. **"Hindi naman ako nanigarilyo! Si Honey yun, kumapit lang sakin ang amoy."**

Naningkit ang mata ko sa kanya. **"Magsisinungaling kapa! Dun ka magpaghalik sa HONEY MO!"** Sigaw ko at tuluyan ng naglakad palayo sa kanya.

**"Tapos hindi daw nagseselos."** Dinig kong sabi nya.

*Hindi naman talaga eh!*

Parang tanga! Wala nama akong dahilan para magselos. Bakit ako magseselos? Kasi mahal ko sya tapos mahal din daw nya ko? Pffft... Hindi din!

Pagbalik ko sa table namin, andun na ulit si Kuya at parents ni Yuri. Tinignan nila ko sandali at bumalik sa pag-uusap. Mukang nagkasundo-sundo sila dun sa pinakilala nila kay Kuya Angelo.

**"Nakapag-CR ka naman ng maayos?"** Tanung ni Yuri sakin.

*Kung alam mo lang!*

Nag-nod lang ako bilang sagot. Habang nakikinig sa pag-uusap nila Kuya, nakita ko si Keifer na akay-akay si Honey pabalik sa table namin.

**"Oh my... What happen?"** Nag-aalalang tanung nung Mama ni Yuri kay Honey.

*Sinapak ko po!*

Hindi makasagot si Honey dahil sa hirap sa pagsasalita. Mukang napuruhan ko sya ng husto.

**"Sorry Auntie and Uncle, but we have to go now. I need to bring Honey to hospital."** Sabi ni Keifer at humalik sa pisngi nila.

**"Buti pa nga at baka kung anu mangyari sa kanya."** Sagot nila.

Tinanung nya sila Keigan at mukang aalis na din sila. Nagpaalam sila sakin at tuluyang lumakad paalis ng restaurant.

Bago tuluyang mawala sa paningin ko. Nakita ko si Honey na ngumiti na nag-smirk at muling kumapit sa braso ni Keifer.

*Humanda sakin tong Keifer na to!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 167

**Papers**

***Jay-jay's POV***

**"Hoy! Bayad mo! Tatakas ka pa!"** Sigaw ni Rory habang naniningil.

Bigayan na kasi para sa retreat sa lunes. Hindi daw kasi sasagutin ng school yung mga pangangailangan namin.

*Naming Section E lang!*

Kinapa ko yung wallet ko sa bag. Kailangan ko na ding magbayad. Nakakahiya kung magpapahuli pa ko, ang hirap pa namang singilin ng iba.

**"Bayad ko!"** Sigaw ni Felix at tumingin sakin. **"...Bayad ka na?"**

**"Hindi----"**

**"Bayad na yan!"** Putol ni Rory sa sasabihin ko.

Tumigil ako sa paghahanap ng wallet sa bag ko. Taka ko sya'ng tinignan. **"Uy hindi pa!"**

**"Binayaran na ni Keifer kanina."**

*Yung kumag na yun?*

Agad akong naglakad palapit kay Keifer na natutulog. Hinampas ko sya sa dibdib dahilan para magising sya at tignan ako ng masama.

**"Bakit mo binayaran yung sakin?"** Inis na tanung ko.

**"Kasi gusto ko."** Bored nya'ng sagot at bumalik sa pagtulog.

Hinampas ko ulit sya. **"Gastusin ko yun."**

Halata'ng napikon na sya sa ginawa ko. Mali yatang hinampas ko sya para magising. Pero nainis kasi ako.

Tumayo sya bigla at hinawakan ako sa kamay. Kinaladkad nya ko palabas ng room papunta sa gilid ng building.

Huminto kami ng medyo makalayo at inis akong tinignan. **"Problema mo? Nililibre naman kita dati ah?"**

**"Iba kasi ngayon... Iba yung noon."**

Nag-cross arm sya at tinitigan ako ng matagal. **"Yung totoo?"**

Yung totoo... Kasi... Haizt! Mula kasi nung kinwento nya sakin ang buhay nya. Napagtanto ko lang na sobrang yaman nya at ang hirap ko.

At kagabi, pag-alis nila ng restaurant. Pinag-usapan agad ng parents ni Yuri yung Watson Enterprise. Sa birthday daw ni Keifer, papalitan na yung CEO ng kumpanya at ibibigay na ang full access sa kanya.

Sa edad na 18 meron na sya'ng sariling kumpanya. Kamusta naman yun? Isa na sya sa pinaka-bata'ng bachelor at millioner----billioner sa pilipinas.

Kumpara naman sakin. Malapit na ko mag-18 pero flavor pa rin ng ice cream yun nasa isip ko.

Sobrang layo na talaga ng istado ng buhay nya sakin. Nakaramdam ako lungkot. Pakiramdam ko tuloy mas bagay talaga si Honey sa kanya.

*Mayayabang---man pala!*

**"Bakit hindi ka sumasagot?"** Tanung nya.

Umiling ako. **"Basta ako magbabayad ng mga bayarin ko."**

Akmang lalakad na ko paalis ng bigla nya kong pigilan. Tignan nya ko sa mga mata, umiwas ako agad. Ayokong mahalata nya na meron ako'ng iniisip.

**"Bakit hindi mo sinasagot tawag ko kagabi?"**

Napalunok ako ng di-oras. Ilang beses nya kong tinawagan at tinext. Hindi ko sinasagot dahil sobrang naiinis ako sa kanya at dun sa Honey na yun.

*Ayoko ng pulot!*

**"A-anu... May ginagawa k-kasi ako."**

**"And what is that?"** Sabi nya habang humahakbang palapit.

Napahakbang ako palayo dahil sa lapit nya.

**"Hmmm... Nagli-linis ng kwarto."**

Totoo yun! Naglilinis talaga ako, lalu na ng makita ko yung ilalim ng kama ko. Puro pinagbalatan ng chutchirya.

**"Ms. Mariano... Are you lying to me?"** Humakbang na naman sya.

**"Hindi ah! Totoo yun..."**

**"Is that really the reason? Kasi parang meron pang iba."** Humakbang na naman sya.

Umtras ulit ako. Muntik pa kong matisod dahil sa bato buti nalang at naka-tindig ako agad.

**"A-anu naman yun?"**

Napatingin ako sa kanya, nakangiti sya habang hindi inaalis ang titig sakin.

**"I don't know... Maybe jealous?"**

Bigla nalang ako natawa sa inis. Anu'ng selos? Muka ba kong selosa? Saan ako magseselos? Sa kanila ni Honey? Hindi no!

**"Asa! Sino'ng pagseselosan ko? Si Honey? Hindi uy!"** Inis na sabi ko.

Bigla nalang sya'ng tumawa habang humahakbang palapit sakin. Sinubukan kong humakbang ulit pero pader na pala yung nasa likod ko.

*Hala!*

Hindi ba ko pwedeng tumagos dito? Kagaya sa Harry Potter?

Hinawakan ni Keifer yung baba ko at pilit hinarap yung muka ko sa kanya. Kusa nalang nag-init ang pisngi ko.

**"Masyado kang obvious. Alam mo yun?"** Sabi nya na mabagal at halos pabulong.

Ang sarap pakinggan ng boses nya. Parang nang-aakit.

*Naaakit ka naman?!*

Oo----*shit!* Hindi ah!

**"...muntik ka ng idemanda ni Honey dahil sa ginawa mo sa ilong nya."** Dagdag nya.

Nanlaki yung mata ko at muntik ng manlambot ang tuhod ko. Demanda? Makukulong ako!

**"D-demanda?"**

**"Yes... But we already talk about it. So, no need to worry."** Sabi nya at ngumiti.

Hinimas-himas ng hinalalaki nya yung labi ko. Nakaramdam ako ng pagkailang. Ramdam ko na kasi kung anu yung gusto nya'ng mangyari.

**"Selosa."**

**"Ay hindi ka seloso? Kahiya sayo ah!"**

Bahagya sya'ng tumawa. **"Edi inamin mo din na nagseselos ka nga."**

Inamin ko ba? Hindi naman ah! Ayos tong kumag na to. Imbento ang putik.

**"Wala naman ako----"** Pinatigil nya ko sa pagsasalita gamit ang hinlalaki nya.

**"Stop explaining."** Sabi nya at dahang-dahang nilapit ang labi nya sakin.

Inamoy ko muna sya ng hindi nya nahahalata. Wala'ng bakas ng sigarilyo, magaling ang luko'ng to.

Napapikit nalang ako habang hinihintay ang-----*ahihihihi! Ene be?*

Bakit ang landi ko? Kainis!

At nangyari na nga ang hinihintay ko. Umulan na ng pera. *Joke!* Nakadikit na ang labi namin sa isa't isa. Sa totoo lang, namiss ko to.

Unti-unti'ng lumalalim ang halik na yun. Nakahawak na ang kamay ko sa dibdib nya, payakap sa leeg. Nakahawak naman ang isang kamay nya sa batok ako at nakasandal sa pader ang isa.

Sa bawat galaw nya ay tugon ko naman, ng bigla'ng....

**"Ang tamis naman nyan."**

Agad kaming naghiwalay. Napaharap nalang ako sa pader at kuwaring sinusuri yun. Tumalikod naman si Keifer dun sa nagsalita.

**"A-akala ko ba andito yung daan papunta'ng 9 3/4?"** Wala sa sarili kong tanung.

9 3/4? Sa Harry Potter yun ah!

**"It's in L-london. Not here."** Sagot naman nung Kumag.

Napakagat nalang ako sa labi ko. Nakakahiya tong ginagawa namin.

**"Ayyiieeehh... Si Jay-jay dalaga na."** Pang-asar ng kung sino.

Nilingon ko kung sino yun at kung mamalasin ka nga naman. Halos lahat ng kaklase namin pinapanood pala kami.

Pinangungunahan ni Ci-N, followed by Kit, Edrix, Rory and Felix. Yung iba naman nakangiti sakin. Wala yung ibang supporters ni Yuri. Yung iba naman, mukang walang paki-alam.

**"Tss..."** Dinig kong sabi ni Keifer. Mukang napikon sya sa ginawa nila Ci-N at iba pa. **"...Do you need something?"**

**"Wala naman... Pinapatawag lang si Jay-jay sa Guidance."** Sabi ni Kit.

*Guidance?!*

May ginawa ba kong kalokohan nitong mga nakaraan? Inaway ko ba si Freya o yung mga Section A? Yung Section D? May nakasagutan ba ko sa kanila?

Bakit ako pinapatawag sa guidance? Tinignan ko si Keifer.

**"Gusto mong ihatid kita?"**

**"Ayyiiieeehhhh...."** Sabi nila Ci-N dahilan para itaas ni Keifer ang gitnang daliri nya.

**"H-hindi na... Kaya ko."**

Dahan-dahan pa kong naglakad. Kahit ilang beses ko kasing isipin kung anung ginawa ko para ipatawag ako, wala talaga kong maalala.

*Isipin mong mabuti!*

Nakagat ko nalang ang ibabang labi ko. Sa bawat hakbang ko, lalung bumibilis ang tibok ng puso ko. Hindi naman ako takot sa guidance. Mas takot ako kapag tinawagan nila si Kuya.

Aaaahhhh!! Magkakaroon ng delubyo. Hindi pwede, malilintikan ako dun. Habang patuloy sa paglalakad may bigla nalang bumunggo sakin. Muntik na kong matumba buti nalang at napahawak ako sa isa sa mga istudyante.

**"S-sorry..."** Sabi ko dun sa nahawakan ko.

Nag-nod lang naman sya at umalis na. Tinignan ko yung bumunggo sakin at kung suswertihin nga naman ako.

**"ARE YOU BLIND?!"** Galit na sabi sakin ni Freya.

Wala ako sa mood magpatol. Badtrip!

**"Kung bulag ako, anu ka pa? Tanga?"** Bored kong sagot sa kanya.

Nag-cross arm sya at mataray akong tinignan. Napansin kong napapahinto yung ibang istudyante para panoorin kami.

*Tsk! Ayoko makipag-away.*

**"Kung ako Tanga, ikaw inutil!"**

Bahagya ako'ng tumawa. **"Inamin mo namang Tanga ka?"**

Napaisip bigla sa sinabi ko. Kita'ng kita ko ang pagka-inis at dismaya sa kanya. Mulala kasi.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Tinuloy ko na yung paglalakad ko papunta'ng guidance.

Huminto ako sa mismong tapat ng pinto ng guidance office. Nagdadalawang isip pa ko kung kakatok ako. Panu nga kung pinatawag ako dahil may ginawa ako?

*Hala! Lagot ka...*

Busit naman kasi! Para tuloy ako'ng naiihi na hindi ko maintindihan. Namalipit nalang ako sa kinatatayuan ko at nagpa-ikot-ikot.

May ilang beses yata ako'ng nagpagiling-giling mula sa pwesto ko. Hanggang napatingin ako sa pinto ng guidance office. Nakabukas na yun at taas kilay na nakatingin sakin si Aries at ng iba nya'ng kaklase.

**"Weirdo."** Komento nya at naglakad na paalis.

Anu'ng weirdo? Pasalamat ka kakalabas mo lng ng ospital. Naku! Gusto yata nya'ng ibalik ko ulit sya don.

Pinag-tatawanan pa ko ng mga kaklase nya. Akala nyo! May araw din kayo sakin.

Pumasok na ko office at bumungad sakin ang guidance councilor----*anu nga ulit pangalan nya?*

**"Ms. Mariano?"** Tanung nya.

**"O-opo... Pinapatawag nyo daw po ako?"**

**"Oo... Tara dito."** Aya nya sakin habang naglalakad papunta sa pinaka-office nya.

Pagpasok sa loob, tinuro nya yung bakuan sa harap ng table nya. Naupo ako at hinintay sya. Meron sya'ng kinalikot sa drawer.

*Mrs. Reyalidad.*

Okay... Salamat sa name plate. Alam ko na ulit ang pangalan nya. Pagkatapos mangalikot sa drawer nya, naglakad na sya pabalik sa table at naupo sa trono nya.

Inabot nya sakin ang mga ilang pirasong papel. **"Papirmahan mo sa Guidance Councilor ng Holy Saints Highschool."**

*Dati kong school?*

**"Po? Bakit po?"**

**"Kulang kulang kasi yung mga records mo na binigay nila samin."** Tinuro nya yung isang folder na puro papel sa loob. **"...Ilang beses na namin silang tinatawagan pero '*we will call you back*' lang ang laging sagot nila samin."**

**"Records?"**

Nag-nod sya sakin. **"Gusto kasi naming masiguro na okay ang mga records mo sa dati mong school."**

Anung problema sa records ko? May galit pa rin yata sakin ang buong Holy Shit----Saints pala. Records nalang ginawa pang problema.

**"Panu po kung hindi ko mapa-pirmahan?"** Tanung ko.

**"Hindi ka makaka-graduate."** Mabilis nya'ng sagot.

*Shhoooooooooooooootttt!!!*

Hindi ako gagraduate? Dahil lang sa records. Kamusta naman yun? My gudness... Ayoko pa namang bumalik sa Holy Saints. Asar naman!

Napatingin ako kay Ma'am. Gusto ko sanang maki-usap. Maki-usap na iutos nalang nila sa iba. Hindi ako makakabalik dun.

**"Hindi naman siguro magiging problema yun? Specially next week na ang retreat nyo at gaganapin yun malapit sa school na yan."** Sabi nya na nagpagulo sa isip ko.

Gaganapin? Next week? Anak ng tokinawa'ng hapon! Next week na agad?! At dun pa talaga sa probinsya namin gananapin.

*Nice...*

**"...Sana mapapirmahan mo agad."** Ngumiti sya sakin. **"...Ipapa-alam ko nalang sa Adviser mo ang tungkol dyan para pagayan ka nilang umalis."**

Napitilan ako'ng mag-nod at ngumiti. Pero ayoko talaga. Ayokong bumalik sa dati kong school.

Marami akong mga naiwan don. Masasakit na ala-ala. Mga bagay na bahagi ng dating ako. Iniwan ko na yung mga yun nung umalis ako.

*Ayoko na silang makita.*

Wala ako sa sarili na naglakad pabalik ng room. Hindi ba pwedeng si Sir Alvin nalang magpapirma? Kainis naman!

Dahil tulala sa paglalakad aksidente kong nabunggo yung kasabay kong maglakad. Pagtaas ng ulo ko para tignan sya, natigilan ako.

**"Sorry... Ayos ka lang?"** Tanung sakin ni Yuri.

**"O-oo... Okay lang. Sorry din."**

Bumalik ako sa paglalakad at sinabayan nya ko. Pumasok na pala ulit sya. Good news dapat yun pero mas inaalala ko yung papel na hawak ko.

Pagbalik sa room, bigla nalang silang tumahimik. As in tumahimik na parang may dumaan na anghel.

Pag-angat ng tingin ko. Mata agad ni Keifer ang sumalubong sakin. Hindi ko na siguro kailangang sabihin na nakakatunaw ang galit nyang tingin.

Hinawakan ni Yuri yung balikat ko at naglakad papunta sa pwesto nya. Sumunod ako at agad na nilagay yung mga papel sa bag ko.

Pag-upo ko, sobrang bigat ng awra sa room. Kahit my kanya-kanya silang ginagawa, parang inaabangan nila yung aksyon ng isa't isa.

*Anung meron?*

Hindi ako naging komportable. Idagdag pa yung mga papel na kailangan kong papirmahan.

Naisipan kong mag-cr muna para maghilamos. Kailangan ko talaga yun ngayon. Mabilis ang naging kilos ko papunta sa CR.

Padating na kasi yung sunod naming teacher. Ginawa ko na yung balak ko, medyo maginhawa naman sa pakiramdam.

Nag-ayos na ko at bumalik sa room. Kakatuntong pa lang ng paa ko sa building ng makita ko si Ci-N na tumilapon palabas ng room.

*Hala!*

Kasunod nya si Josh na agad sya'ng sinuntok. Nataranta ako kaya agad akong lumapit sakanila.

Aawatin ko sana sila pero natigilan ako sa eksena sa loob ng room. Nagsusuntukan silang lahat. As in silang lahat!

**"Anung..."** Bulong ko.

"*Tangina mo!*"

"*Gago ka!*"

"*Eto sayo!*"

"*Pakyu!*"

"*Angot ng hininga mo!*"

"*Magbayad ka ng utang!*"

"*Walang forever!*"

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko sa nangyayari. Ang gulo nila at anu ba talaga'ng pinag-gaga-gawa nila?

*Wag kana ulit mag-cr!*

Nakita ko sa gitna si Keifer at Yuri. Nakatumba si Yuri at masama ang tingin sa kanya ni Keifer na nakatayo malapit sa kanya. Sarado'ng sarado ang kamao nito.

Kahit hindi ako sigurado, agad akong tumakbo palapit sa kanila. Handa ng suntukin ni Keifer pero bago pa nya magawa yun yumakap na ko sa kanya.

**"Jay!"** Banggit ni Yuri sa pangalan ko.

Sandali ko sya'ng tinignan at tinuon ang pansin kay Keifer.

**"Anu to? Anu'ng nangyayari?!"** Nag-aalalang tanung ko.

Unti-unti ring tumigil sa pag-aaway yung iba. Umiwas sya ng tingin at halata'ng walang balak magpaliwanag. Bumitaw ako sa kanya at hinarap si Yuri na dahang-dahang tumatayo.

**"Anu'ng nangyayari? Bakit kayo nagkakagulo?"**

Akala ko sasagot sya pero kagaya ng ginawa ni Keifer, umiwas lang din sya ng tingin.

Mga wala talaga silang balak sumagot kaya tinignan ko yung iba. Puro iwas tingin lang naman ang ginawa nila. Magsasalita sana si Ci-N na kakapasok lang ng room pero tinakpan ni David ang bibig nya at hinawakan sya ng mahigpit.

*Ang mga putik!*

Nakaramdam ako ng inis sa mga ginagawa nila. Obvious naman na walang magsasalita.

**"Walang magsasalita sa inyo?"** Inis kong tanung.

At kahit sa tanung ko na yun, wala pa ring sagot. Sa sobrang inis kinuha ko yung bag ko at mabilis na lumabas ng room. Bahala na sila! Nawalan na ko ng ganang pumasok.

*Kainis!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 168

**Author's Note:** Walang edit-edit to mga Bes.. pasensya na!

Belated Happy Birthday kay Clifford Millos and sakin. Hahaha..

**Exam**

***Jay-jay's POV***

BAKIT?!

Bakit walang nagsabi sakin na ngayong sabado ang exam? Pinandigan ba nila yung hindi pagka-usap sakin? Pati araw ng exam hindi nila sinabi.

*Naiiyak ako!*

Bukod sa hindi nila ko sinabihan. Wala din akong review. Katapusan ko na ba?!

**"Kuuuyyyaaaa... Wala akong ka-review-review. Sige na!"** Paki-usap ko kay Kuya Angelo habang sumusunod sa kanya.

Dahil wala ako'ng ka-review-review, binalak kong magpalusot at umarteng may sakit. Kayalang wa-epek!

Pinapaki-usapan ko nalang sya na tawagan ang school at sabihin na may sakit ako.

*At kasalukuyan kami'ng nagpipilitan.*

**"...Kuuuuyyyyaaaa..."**

Tumigil sya sa paglalakad at tinignan ako ng masama. **"Tigilan mo ko! Hindi ko kukunsintihin yang gawain mo na yan!"**

Maiyak-iyak akong yumakap sa kanya habang nakatingin sa mga mata nya. Hindi sya gumagalaw at ganun pa rin ang tingin sakin.

**"Sige na please... Sabihin mo kukuha nalang ako sa Monday."** Paki-usap ko.

**"Retreat na sa Monday."** Biglang singit ni Aries habang dumadaan sa likod ko.

Bumitaw ako kay Kuya at tinignan sya. Monday na talaga? Di nga?

**"Kaya kailangan mo talaga'ng pumasok at mag-exam ngayon."** Sabi ni Kuya at tuluyan ng umalis sa harapan ko.

T_T... *Iiyak na ko talaga.*

**"Napapala ng tamad pumasok."** Parinig ni Aries at lumabas na ng pinto.

Kasalanan ko ba? Ginalit ako ng mga Ulupong na yun. Tinamad na ko pumasok at ilang araw din yun. Sila talaga ang sisihin ko dito.

R.I.P. sa grade ko. Nakasimangot akong naglakad papasok ng school. Gagamitin ko sana ang bike ko, kayalang wala ako sa sarili baka maaksidente ako.

Pagdating sa school, si Calix ang una kong nakita. Mukang kakahatid lang nya kay Mica. Nginitian nya ko pero hindi matatago nun yung pasa sa tabi ng labi nya.

Nahalata nya agad na dun ako nakatingin kaya agad syang umiwas at nauna na sa paglalakad papasok ng room. Halos ayaw humakbang ng paa ko pero kailangan kaya pinilit ko.

Mula sa gilid ko nakita ko si Felix at Rory. Pareho silang ngumiti sakin pero mukang nasaktan si Felix dahil sa sugat sa labi nya. Tinignan ko naman yung pisngi ni Rory na may gasgas.

Hindi ko magawang suklian yung mga ngiting binibigay nila. Inuunahan ako ng pag-aalala. Sanay na kong makita na meron silang sugat o pasa sa muka kapag pumasok pero kapag naiisip ko na sila-sila rin ang may gawa nyan sa isa't isa. Nalulungkot ako.

*Hindi naman dapat ganyan.*

Bagsak ang balikat kong pumasok sa room. Hindi makabasag pinggan, yan sila ngayon. Sobrang tahimik, meron mang nag-uusap pero sobrang hina naman.

Nginitian ako ni Ci-N, nahiya na ko kaya nagpilit ako ng ngiti pero nag-mukang ngiwi. Paglapit ko sa upuan ko, nakapanga-lumbaba ang Hari. Nakaharap naman sa notes si Yuri.

Gusto ko sanang mag-review, pero mukang wala rin namang papasok sa isip ko. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Kaylangan ko pa ring subukan.

Binuksan ko yung bag ko pagka-upo. Kukuhanin ko na sana yung notes ko pero natigilan ako sa nakita ko.

*Bakit ang daming chocolate?*

Tinignan ko muna yung paligid. Baka kasi may makakita nito at kuyugin nila ko dito.

Inisip ko agad kung nanganganak ba ng chocolate yung Jansport na bag. Kasi wala akong maalala na bumili o nanguha ako-----*ahh! Okay...*

Si Tita Gema ang naglagay nito. Nakita ko sya kanina na may hawak na isang supot ng chocolate. Binanggit din nya na maganda daw kumain nito habang nagr-review.

Kaya pala ang bigat ng bag ko kanina. Napatingin ako kay Ci-N. Nag-tutupi sya ng papel at ginagawa'ng eroplano.

*Light bulb...*

Malawak ang ngiti ko habang kumukuha ng chocolate sa bag.

**"Ci-N!"** Tawag ko sa kanya.

Humarap sya sakin habang hawak-hawak yung papel na eroplano.

Pinakita ko yung chocolate sa kamay ko. Parang aso'ng nag-laway ang luko. Hindi lang sya ang ganun ang reaksyon, pati yung iba napatingin na rin sakin at sa hawak ko.

**"Akin yan?"** Inosente nya'ng tanung.

**"Sayo... Kung sasagutin mo ang tanung ko."** Sabi ko pero bigla nalang sya'ng tumalikod.

**"Hindi! Alam ko na itatanung mo! Hindi ko sasagutin!"** Sigaw nya ng hindi tumitingin sakin.

*Ppffftt... Badtrip!*

Pero hindi ako susuko. Alam ko weaknesses nyo mga Tsong!

Tinignan ko yung iba. Agad silang umiwas ng tingin kahit gusto'ng gusto na nilang manghingi.

Tss... Kala nyo susuko ako? Hindi uy!

Binuksan ko yung isang chocolate. Dahan-dahan kong kinagat yun at may papikit-pikit pa kong nalalaman na parang nasa isang commercial sa tv.

**"Shit... Ang sarap."** Parinig ko sa kanila. **"...Yung natutunaw sa dila mo agad-agad."**

Tinignan ko sila pero patay malisya ang mga luko kahit napapakagat na sa labi yung iba.

**"...Yung tamis na hindi nakaka-umay."** Parinig ko ulit. **"...Masarap kumain ng ganito lalu na kapag nagre-review."** Tinignan ko si Yuri na nakatingin sakin.

Kita ko ang pagbaba at taas ng adams apple nya. Pinilit nyang tumingin ulit sa notes nya.

*Iwas pa more.*

Tumingin naman ako sa side ni Keifer. Pinunasan ko yung part ng labi ko na may chocolate gamit ang hinlalaki ko at sinubo yun. Diretso lang ang tingin ko sa kanya na parang nang-aakit.

**"Masarap... Promise."** Sabi ko na may mababang boses.

Naghahalong inis at inggit ang nakikita ko sa kanya. Umiwas siya ng tingin pero pinaglalaruan ng isang kamay niya ang cellphone niya.

*Iwas lang...*

Tumingin naman ako sa mga ulupong. Meron pang nagpunas ng bibig sa sobrang paglalaway.

Narinig ko yung phone ko kaya kinuha ko agad. May dumating na text message.

**From:** *King Ulupong*
**Message:** '*Stop it! It's not funny!*'

Mukang napipikon na siya. Tinignan ko at nagsalubong ang mga mata namin. Ang sama ng tingin at parang anytime sasakmalin ako.

*Okay... Sorry naman.*

Magre-reply na sana ako pero bigla nalang dumamba si Ci-N sa harap ko. Mangiyak-ngiyak pa sya.

**"Magsasalita na ko... Bigyan mo lang ako."** Paki-usap nya.

Malawak na ngiti ang sinagot ko sa kanya. Inubos ko muna yung hawak ko. Binuksan ko yung bag ko at pinakita sa kanya ang laman. Sinugurado ko na makikita din ng iba yun.

**"Kita mo to?"** Tanung ko sa kanya.

Nag-nod naman sya habang literal na tumutulo ang laway.

*Yackness!*

**"...Sagutin mo lang ang tanung ko at sayo na lahat ng to."**

Nag-nod ulit sya pero kasabay nun ang sigaw ng mga Ulupong sa kanya.

"*Wag Ci-N!*"

"*Wag ka magpa-uto!*"

"*Chocolate lang yan! Makakabili tayo!*"

Yung nga lang parang nabingi na si Ci-N dahil sa dami ng chocolate na kaharap nya. Halos pumalakpak ang tenga ko sa tuwa.

**"Sabihin mo Ci... Bakit kayo nagkaka-gulo nong nakaraan?"** tanong ko.

Tumingin muna sya kay Keifer at Yuri. Pagkatapos ay sinenyasan nya kong lumapit sa kanya. Ginawa ko naman at bumulong sya.

**"Nag-away kasi si Keifer at Yuri. Syempre, kanya-kanya kami ng sinusuportahan kaya nagrambulan."** Paliwanag nya.

*NANGYAYARI NA NGA!*

Eto na nga yun. Nahahati ang Section E. Hindi dapat ganito. Binalot ako ng pag-aalala at tinignan silang lahat. Kanya-kanya ng iwas ang mga luko.

**"A-anung pinag-aawayan nila?"**

Kinagat ni Ci-N ang labi nya at tumingin kay Keifer sandali. Pagbalik ng tingin nya sakin umiling lang sya.

Binuksan ko pa lalo ang bag ko at nilapit sa kanya. Nangingintab pa ang mata nya habang nagpipigil kumuha.

**"K-kasi... Anu----"**

**"Shut your mouth Ci-N!"** Putol ni Keifer sa sasabihin nya.

Tinignan ko sya ng masama. **"Manahimik ka dyan!"**

Tinignan ko si Ci at kita ko ang takot sa kanya. Kasabay nun ang pagkagat sa labi nya na minsan lang nya ginagawa. Alam kong malaki ang takot nya sa Hari ng mga Pesteng Ulupong.

**"Tangina! Magsalita na kasi kayo!"** Sigaw ni Mayo dahilan para tumingin kaming lahat sa kanya.

**"Tumigil ka! Wag ka na makialam!"** Balik na sigaw sa kanya ni Eren.

**"Pinapahirapan nyo lang si Ci-N!"** Singit ni Denzel.

**"Wag na kayo makialam!"** Sigaw ni Kit.

Tinitignan ko lang sila. Hindi ko maintindihan. Mahirap bang sabihin yung dahilan ng pag-aaway nila?

Sinenyasan ko si Ci-N na kuhanin na yung mga chocolate sa bag ko. Nag-alangan pa sya nung una pero nginitian ko sya.

Pagkakuha nya bumalik na din sya sa upuan nya. Tinignan ko si Keifer na masama ang tingin kila Mayo. Bakit ba ayaw nya'ng pagsalitain yung iba?

Dumating si Sir Alvin dala ang mga test questioner namin. Hindi muna sya nagsalita, mukang naramdaman nya yung tensyon sa buong room.

**"Bumalik na kayo sa mga upuan nyo! Andito na si Sir."** Sabi ni David dahilan para umayos na ng upo yung iba.

Habang nage-exam, hindi yung sagot ko sa test ang inaalala ko. Yung naging away nila. Kung bakit ayaw pa nilang sabihin sakin. Yung mga bagay na yun.

Sunod-sunod na nagpasa ng papel ang mga Ulupong. Sa halip na magstay, kinukuha na nila yung mga bag nila at nagsisi-labas na ng room.

Para akong napag-iwanan kaya kahit labag sa loob ko, napilitan akong manantsa ng sagot at ipasa na rin yun kay Sir.

**"Ms. Mariano."** Tawag sakin ni Sir bago ako maglakad palabas ng room.

Humarap ako sa kanya. **"Po?"**

**"Yung mga papapirmahan mo ah? Wag mo kakalimutan sa Monday."**

Nag-nod lang ako sabay ngiti. *Kainis!* Yun pa nga pala. Dagdag sakit din sa ulo ko yun.

Paglabas ko ng room, wala sila. Mukang umuwi na para hindi ko makompronta. Napilitan akong umuwi agad. Sinubukan kong itext si Yuri o kaya si Keifer tungkol don pero hindi din sila sumasagot.

Kahit yung iba tinext ko na din pero wala akong napala sa kanila. Nakarating ako sa bahay at muka agad ni Aries at Ella ang bumungad sakin.

Wala ako sa mood na harapin sila kaya dumiretso ako sa kwarto. Nagbihis muna ko bago mahiga sa kama. Ilang beses kong binalik-balikan yung inbox ko at baka magreply na sila.

*Badtrip naman!*

Narinig kong may kumatok sa pinto at unti-unti'ng bumukas yun. Nakatalikod ako don kaya hindi ko nakita kung sino.

Si Kuya Angelo o Tita Gema ang unang pumasok sa isip ko.

**"Okay lang po ang exam ko. Gusto ko po muna sanang magpahinga."** Sabi ko ng hindi lumilingon.

**"Your room is very simple."**

Napabalikwas ako ng bangon. Hindi si Kuya Angelo o Tita Gema yun. Isang tao na hindi ko inaasahan na papasok sa kwarto ko. Gulat ko syang tinignan.

**"A-anung ginagawa mo dito?"** Tanung ko kay Ella.

Niligid muna nya ang paningin sa kwarto ko. Buti nalang at naglinis ako nung nakaraan. Sakin bumagsak ang huling tingin nya.

**"Gusto sana kita'ng maka-usap."** Diretso nyang sabi. **"...Can i look around?"**

Nag-nod lang ako para hayaan sya. Wala namang maganda sa kwarto ko. Wala ring disensyo o ka-aya-aya'ng bagay para tignan.

**"Kayo na pala ni Keifer."** Sabi nya habang tinitignan ang study table ko.

Hindi ako sumagot pero hindi ko inalis ang mga mata ko sa kanya.

*Anu bang kailangan mo?!*

**"...Panu si Yuri?"**

Bahagya akong natawa. Sabi na nga ba. Tungkol lang to kay Yuri at Keifer. Sa dalawang lalaki'ng naging bahagi ng nakaraan nya sa Section E.

**"Anu si Yuri?"** Bored kong tanung.

**"Hindi mo naman pala sya gusto, bakit magpapakasal ka pa rin sa kanya?"**

Tumaas ang isang kilay ko. **"Sa kanya mo sabihin yan. Wag sakin."**

**"Kilala ko si Yuri."** Sabi nya at hinawakan yung box ng singsing na nasa table lang din. **"...umaasa pa rin sya."**

Binaba nya yun at naglakad-lakad pa sa harap ko.

**"...at hindi sya aasa kundi hindi sya pinapa-asa."**

*Nice...*

Ginagalit ako ng babae'ng to! Anu namang gusto nya'ng iparating?

**"Oh?"**

**"Tigilan mo na si Yuri. Sinasaktan mo lang sya."** Utos nya sakin.

Tumayo ako mula sa pagkakaupo sa kama. Tinignan ko sya ng masama.

**"Look who's talking. Baka nakakalimutan mo sinaktan mo din sya!"**

Sinabayan ni Ella ang mga tingin ko sa kanya. Itsura pa lang nya alam ko ng hindi sya papatalo.

**"You don't know what exactly happen. Kaya wala kang karapatan na pagsalitaan ako ng ganyan!"**

**"Ganun ka din sakin. Kaya wag mo din akong pagsasalitaan."**

Lumakad ako palapit sa pinto at binuksan yun. Pero hindi para sakin, kundi para sa kanya.

**"Pwede ka ng umalis."**

Tinignan muna nya ko bago tuluyang lumabas ng pinto. Isasara ko na sana pero nagsalita pa sya dahilan para tumigil ako.

**"You'll regret being with Keifer. Trust me... I've been there."**

*Anu'ng....*

**"Ella!"** Boses ni Aries.

Naglakad na si Ella paalis. Sinara ko yung pinto ng kwarto ko at napa-upo ako sa dulo ng kama.

Anung ibig nya'ng sabihin? Tsaka bakit ba nakikialam sya? Anuwho bang paki-alam nya samin? Si Aries na ang kasama nya dapat yun nalang ang inaalala nya.

Dahil sa mga sinabi nya, nadagdagan  lang ang isipin ko. Hindi ko namalayan na hapon na at dumidilim na din sa labas.

Lumabas muna ko ng kwarto para uminom ng tubig. Kasalubong ko pa si Kuya na naka-porma ng maganda.

**"Bakit hindi kapa naka-bihis?"** Tanung nya sakin.

Taka ko syang tinignan. **"B-bakit?"**

**"We have a dinner date with the Peralta's."**

*Ngayon na ba yun?*

Agad akong bumalik sa kwarto para mag-ayos. Namili din ako ng maayos na damit. Yung pang-mabigatan.

Agad akong pumunta sa Sala at andun na din sila Kuya Angelo at Tita Gema. Hindi kasama si Tito Julz dahil may tinatrabaho pa daw sya. Si Aries ayaw talagang sumama.

Inayos sandali ni Tita Gema ang buhok ko at mabilis kaming sumakay. Late na daw kasi kami----dahil sakin syempre. Sa isang Chinese Restaurant daw kami kakain.

*Taray nila Ci-N!*

**"Kamusta exam Jay?"** Tanung ni Kuya sakin habang nagd-drive.

Tumingin ako sa bintana. Panu ko kaya sasabihin sa kanya na wala akong naisagot na maayos?

**"O-okay lang..."** Sagot ko.

Hindi na nagtanung si Kuya o kahit si Tita. Mukang tanggap naman nila yung sagot ko.

Huminto si Kuya sa parking ng Chinese Restaurant. Si Ci-N agad ang nakita ko na nakatayo sa entrance. Malawak na ngiti ang sinalubong nya sakin.

**"Good evening Mr. Fernandez."** Bati ng Kuya ni Ci-N kay Kuya Angelo.

Nag-shake hand sila sandali. Ganun din ang ginawa nila ni Tita Gema pero pagdating sakin, tinignan lang nya ko ng masama.

*Sundutin ko MATA mo!*

**"Tara na po sa loob."** Aya nya samin.

Sinabayan ko si Ci-N sa paglalakad. Hawak ko ang braso nya at sinadya ko na magpahuli. Marami kasi syang utang na sagot sakin.

Wala na si Keifer, wala na sya'ng kakatakutan sa pagsagot.

*Bwuahahahaha...*

**"Hoy... Marami kang utang sakin."** Bulong ko sa kanya.

Bigla nalang syang naging seryoso. Huminto sya sa paglalakad at tinignan ako.

**"Jay... Ayokong magsalita tungkol don. Hindi kasi dapat sakin mang-galing."** Hinawakan nya ang kamay ko. **"...pero sana, patawarin mo ko."**

*Patawarin?*

**"Anu bang... sinasabi mo?"**

**"Malaki ang kasalanan namin sayo. Sobrang laki."**

Hindi na sya nagsalita pa. Gustuhin ko mang magtanung hindi ko na magawa. Panibagong isipin yung mga sinabi nya sakin.

*Kasalanan?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

Visit our fb group: Tropa ni eatmore2behappy
Twitter & Instagram: @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 169

**Holy Shit**

***Jay-jay's POV***

Simple lang ang probinsya namin. May parte na mabahay at may parte na mabukid. Hindi kagaya sa syodad na dikit-dikit ang mga sasakyan, mas uso dito ang paglalakad o pagbibisikleta.

Nung nagka-isip ako----base sa naaalala ko----kaunti lang ang kapitbahay namin. Hindi tapos ang bahay namin ni Mama. May kwarto yun na para sakin at para kay Mama.

May punong malaki malapit samin, madalas akong umakyat dun kasama si Aries.

Nung nangyari ang hindi ko maalalang insidente *daw*. Pagkagaling sa ospital, lumipat na ko kay Lola. Mas malaking bahay, luma yun at parang bahay kastila pero matibay.

Ipinasok ako sa isang public school pero hindi naging maganda ang buhay istudyante ko dun. Lagi akong napapa-away kaya inilipat ako sa pribado. Akala nila----na akala ko din----magiging maayos ako sa Holy Saints.

Naging sikat ako, hindi dahil sa kagandahang taglay ko. Kundi dahil lagi akong napapa-away. Wala akong kaibigan, takot sakin ang ibang kaklase ko, plastikan naman yung iba dahil may pakinabang sila sakin.

Araw-araw ata ako sa Guidance office. Araw-araw din silang tumatawag kay Lola pero nung nagsawa sya, si Kuya Angelo na ang pinapunta nya. Kahit nasa syodad umuuwi sya samin para lang puntahan ako sa school.

*Dun ako natakot sa kanya!*

Hangang sa dumating si Cyrus, niligawan nya ko kahit obvious naman na hindi namin gusto ang isa't isa. Ginamit lang nya ang kasikatan ko. Dahil walang magawa sinagot ko sya at hindi ko alam na yun na pala ang mitsa ng problema.

*Baliw sya!*

Pinalitan nya ko sa trono. Naging siga ng school at feeling ang galing galing. Hangang sa nangyari ang hindi ko inaasahan. Sinaktan ko sya ng hindi sinasadya. Inatake si Lola sa puso at muntik ng mamatay.

Yun na rin ang naging dahilan kaya kinuha ako nila Tita. Iniwanan ko sa probinsyang to lahat ng masakit na ala-ala.

Hindi ko alam na babalik ako dito agad. Agad-agad? Gusto ko sana yung mga tipong 3-5 years after.

**"Malapit na sa camping site..."** Announce ni Sir Alvin sa microphone sa loob ng bus.

Gumising na yung ibang tulog at nag-inat. Meron pang naghikab at binalak bumalik sa pagtulog.

Buti nalang talaga at meron na kaming saliring bus. Akala namin makikisiksik na naman kami sa ibang Section.

*Ayoko nun!*

Napatingin ako sa katapat kong upuan. Nakatitig sakin si Keifer pero umiwas lang ako ng tingin. Masama pa rin ang loob ko sa kanila.

Pero hindi yun ang totoong dahilan ng pag-iwas ko. Nasa school pa lang kami, hindi na ko mapakali hangang sa nakarating kami sa probinsya. Ayokong mapansin nila yun kaya umiwas ako. Pinili ko ring umupo sa dulo kung saan malayo sa iba.

Nakikita ko na yung mga lugar na dati kong pinupuntahan. Nakarating na kami sa magubat na parte. Pumasok kami sa isang lumang gate na may nakalagay na Camp is Rock.

*Huh?!*

Wala bang originality ang namamahala dito? Tanggalin nalang yung '*is*', ka-title na nung napanood kong movie.

Huminto ang bus at nagsibaba na kaming lahat dala ang mga gamit namin. Nature trip ata ang balak nitong organizer namin.

Napuntahan ko na dati ang lugar na to pero hindi pa develop. Ginawa lang naming tambayan to at dito kami nag-iinom. Kayalang pinaalis kami ng may-ari ng lupa, marami daw kasing ahas dito.

*Baka naman may ahas pa dito?*

Kagaya ng inaasahan ko, lumabas ang kaartihan ng mga ka-batch namin. Sino ba naman kasing tanga ang pupunta ng retreat tapos naka-heels?

*Si Freya!*

Mulala kasi ang Gaga. Ang taas-taas ng heels nya akala ata mag-mall kami. Artih-arti kasi!

**"Dito po tayo!"** Aya samin ng organizer gamit ang megaphone.

Tumapat kami sa harap ng isang hall. By section ng pila at mula sa pwesto namin, nakita ko si Aries na nakatingin sakin. Alam kong alam nya na hindi ako masayang umuwi ng probinsya.

Merong sinabi at pinaliwanag ang organizer. Hindi ko na naintindihan dahil iba ang iniisip ko.

**"...Makikita nyo ang bawat flag ng Section nyo at don ang magiging camping site nyo."** Dagdag nya at sumenyas samin na gumorabels na.

Walang gumagalaw samin ng mga Ulupong. Wala atang gana na hanapin ang camping site namin.

**"Saan yung satin?"** Tanung ni Blaster
Tinuro ni David ang isang daan na pahiwalay sa iba. Bigla nalang akong kinutuban. Iba kasi yung daan nung camping site namin.

Kahit mga walang gana----na pinangungunahan ko----pinilit naming puntahan yung camping site namin.

Ganun nalang ang dismaya namin ng makita ang lugar. Ang dumi! Ang kalat! At parang hindi tao ang nag-camping dito!

*Alien ata?!*

Sa hindi kalayuan ay tanaw ang matatayog na damo. *Anaknang...* Panu kung may ahas dyan?

**"Dito talaga tayo?"** Tanung ni Felix habang sinisipa-sipa ang sunog na lata sa sahig. **"...may galit ba satin ang organizer?"**

Gusto ko ding itanung yan. Parang hindi talaga kami kasali sa retreat na to. Kaya nga naningil sila Rory dahil hindi daw kasi kami kasali sa badget.

**"Parang ang liit ng lugar natin?"** Sabi ni Eman habang naglalakad-lakad.

Niligid ko yung mata ko. *Tama sya!* Maliit para sa 17 katao na magtatayo ng tig-iisang tent.

*May galit nga ang organizer samin!*

**"Andito na tayo... Wala na tayong magagawa."** Sabi ni Denzel at pilit nilinis ang isang bahagi. **"...iayos nalang natin ang mga gamit."**

Ginaya ng iba yung ginagawa nya. Binaba muna nila yung mga dala at nag-set up ng tent. Itatabi ko sana ang tent ko sa tent ni Ci-N pero bigla nalang may kumuha ng bag ko.

**"Hoy!"** Sigaw ko kay Keifer.

Bigla nyang binaba yung bag ko at dali-daling binuksan. Sya rin ang nanguha ng mga parte ng tent at pilit kinabit yun.

**"Anung ginagawa mo?"** Inis na tanung ko.

**"Nag-lalaba."** Sarakastiko nyang sagot. **"...are you blind?"**

Inis akong napakamot ng ulo. Ang aga mang busit nitong Hari na to! Wala akong nagawa kundi ang lumapit sa kanya at tulungan sya.

Nang-matapos ang pagtatayo ng mga tent, dun ko lang napansin na katabi pala ng tent nya yung sakin.

*Kaya pala dito nya ko pinwesto!*

Pumasok ako sa loob ng tent at inayos yung ibang mga gamit ko. Unan, kumot, maliit ng lamp at syempre.... Si Snorlax.

Hindi ko sya pwedeng kalimutan, kahit medyo nahirapan akong isiksik sya sa malaking bag ko. Habang nag-aayos, napatingin ako sa envelop sa loob ng bag ko.

*Tsk! Yung papapirmahan ko!*

Sinugurado ko munang okay na ang mga gamit ko bago isara yung tent. Hawak hawak ko yung envelop at hinarap si Keifer.

**"A-aalis muna ko."** Paalam ko sa kanya.

**"Saan ka pupunta?"** Tanung ni Yuri.

**"Sa d-dati kong school... Kailangan ko k-kasing papirmahan to."** Naiilang kong sagot.

**"Sasamahan kita."** Prisinta ni Ci pero agad akong umiling.

**"Okay lang... Ako nalang. Sandali lang naman ako."**

Hindi ko na hinintay ang mga sasabihin nila. Agad akong lumakad paalis. Nakita ko si Sir Alvin na nakikipag-usap sa organizer. Lumapit ako sa kanya at sandaling nagpaalam.

Dahil alam naman na nya yung tungkol dito kaya hinayaan na nya ko.

Lumabas ako sa lumang gate at nag-abang ng jeep. Malayo kasi sa mismong school ang lugar na to.

Hindi naman ako nabigo dahil may dumaan agad na jeep. Pagkasakay, tinignan ako ng ilang istudyante na naka-uniform ng Holy Saints.

*Mukang naaalala pa rin nila ko.*

Sa terminal ng tricycle huminto ang jeep. Sumakay ako at agad na sinabi ang lugar. Sa bawat ikot ng gulong nitong tricycle na to, kinakabahan ako.

Pakiramdam ko lumalapit ako sa kamatayan ko. O.A pakinggan pero yun talaga nararamdaman ko.

Paghinto ng tricycle sa tapat ng gate. Dé javu! Para nangyari na sakin ang mga to. Ang weird weird lang.

Lumapit ako sa guard house at sinabi ang pakay ko. Bago ang security guard nila kaya hindi ako kilala nito. Hindi ko alam kung magandang balita para sakin yun.

Sinenyasan ako ng guard na tumuloy na. Oras na ng klase kaya walang istudyanteng pakalat-kalat. Pero hindi ako nakaligtas sa tagapag-linis.

**"Jay-jay?"** Pag-lilinaw nya habang pilit akong tinatanaw ng malabo nyang mata. **"...ikaw nga ba yan?"**

*Hindi po! Hologram lang po!*

Lumapit ako sa kanya at pilit ngumiti. Nahihiya ako sa kanya, sabihin nalang natin na isa ako sa nang-babastos sa kanya dati. Pero ni minsan hindi sya nagalit sakin.

**"K-kamusta po Manong?"**

**"Ikaw nga!"** Gulat nyang sabi at sinampay ang bimpong hawak sa balikat nya. Luminga-linga sya. **"...Bakit andito ka? Mag-aaral kana ba ulit dito?"**

**"H-hindi po... May papapirmahan lang po ako sa Guidance."**

Ngumiti sya sakin, kapareho ng ngiting binibigay nya sakin dati kapag sinisigawan ko sya. **"Ang daming nangyari nung nawala ka."**

Bahagya akong natawa. **"Nawala po kasi yung magulo."**

Tumawa sya ng malakas. **"Lumabas kamo lahat ng magulo! Yun mga natatakot sayo dati, naghaharian na ngayon!"**

Napakamot ako sa batok. *Anak ng tokwa!* Expected ko pa naman na tumahimik na ang school dahil nawala ako. Pero mukang dumami pa.

**"...Oh sya sya... Ako'y babalik na sa trabaho. Mag-iingat ka! Natutuwa akong makita ka ulit."**

Bago nya kuhanin ang walis ay hinawakan ko sya sa braso. Taka nya kong tinignan pero seryoso lang ako.

**"Manong... G-gusto ko po sanang... Mag-sorry sa lahat ng nagawa ko sa inyo dati."** Sabi ko.

Ang bigat sa pakiramdam habang binibitawan ko ang mga salitang yun. Hindi dahil labag sa loob ko, kundi dahil kulang ang salitang '*Sorry*' para sa lahat ng ginawa ko sa kanya dati.

Ngumiti ulit sya. **"Ayos na Iha..."**

Yun lang ang sinagot nya pero nawala ng ganun-ganun lang ang bigat na nararamdaman ko. Para akong nabunutan ng tinik.

Ngumiti ako bago sya bitawan. Ngiti na hindi pilit pero bukal sa puso.

Ang paghaharap namin ni Manong ang isa sa naging dahilan kung bakit lumakas ang loob kong maglakad at dumiretso sa Guidance.

Pero kung mamalasin ka nga naman. Tumunog ang bell ng school at naglabasan ang mga hinayupak na dati kong classmate at schoolmate.

*Shutanginames!*

Gulat. Taka. Inis. Yan ang isa sa mga reaksyon nila.

"*Is that Jay-jay?*"

"*Pre! Si Jay...*"

"*Gumanda yata!*"

"*Gago! Baka gulpihin ka nyan!*"

"*What the...*"

"*Bakit sya andito?*"

Sari-saring usapan nila. Binilisan ko ang lakad papunta sa Guidance Office. Matatagpuan yun sa ikalawa sa pinaka-malaking building dito sa school na to.

Pero bago makarating doon. Dadaan pa sa harap ng cafeteria kung nasan ang kalahati ng populasyon ng school na to.

*Kingina naman!*

Sana pala nag-head set muna ko. Kainis! Marami na naman ako maririnig nito.

Habang naglalakad, marami akong nakikitang pamilyar na muka. Kundi naka-away, binully o kaya naman kaklase namin ni Cyrus.

Speaking of Cyrus, bumalik na daw sya sa school. Hindi ako sigurado kung kelan pero si Kuya Angelo ang nagsabi sakin. Kaya kinakabahan din ako dahil sa kanya.

**"Look who's here!"** Sigaw ng pamilyar na boses.

Tumigil ako sa paglalakad at bahagya syang hinarap. Isa lang naman sya sa mga naka-away ko dito.

**"...Ang kapal naman ng muka mong bumalik pa dito! Matapos ang ginawa mo kay Papa Cyrus!"**

Tumaas ang isang kilay ko. *Papa Cyrus?* Anak ka ni Cyrus? Kelan pa? Islang kasi ang salita dahil narin siguro sa laki sa ibang bansa. Tunog Papa na '*Ama*' ang lumalabas sa bibig nya at hindi yung Papa na malandi.

*Ang totoo, nakalimutan ko na pangalan nya!*

**"...Nakakainis pa rin itsura mo! Alam mo yun?!"**

Inis ko syang tinignan pero pilit kong hindi ipinahalata. Kagaya ng lagi kong sinasagot sa kanya kapag hinaharang nya ko.

**"Eh anu naman sakin!"**

Malakas na tawanan ang ginawa ng ibang istudyante. Hindi talaga nakakatawa yun pero feeling ko natawa sila dahil hangang ngayon, yun pa rin ang sinasagot ko sa kanya at hindi pa rin sya makabawi.

Tumuloy na ko sa paglalakad. Narating ko ang building ng Guidance Office. Nasa second floor yun, kaya naman binilisan ko ang paglalakad. Gusto ko na talagang maka-alis sa lugar na to.

Pagdating sa tapat ng pinto ng office, nagdalawang isip pa ko kung kakatakot ba ko. Napahigpit ang hawak ko sa brown envelop na dala ko.

*Kailangan Jay!*

Sandaliang pirmahan lang naman yan. Tapos exit na! Agad-agad para wala ng gulo.

Kumatok ako sa pinto. Bumukas yun at Guidance Councelor ang bumungad sakin.

*Miss you Ma'am! Hehehe*

**"Ms. Mariano? Right?"** Tanung nya sakin.

**"O-opo."**

Pumalakpak naman ang puso ko. Naalala naman nya ko. Araw-araw kasi ako sa Guidance kaya talagang hindi nya ko makakalimutan.

**"May kailangan ka ba?"**

**"Hmmm... Papapirmahan ko lang po sana."** Sabi ko habang inaabot sa kanya yung brown envelop.

Bahagya syang tumawa na pinagtaka ko. May nakakatawa ba sa sinabi ko? Kinuha nya yung envelop at tinignan yun.

**"Ang galang mo naman ngayon... Dati kung sigawan mo ko parang magkasing-edad lang tayo."** Sabi nya habang nakangiti ng nakaka-asar.

*Ay pakshet!*

Naalala din pala nya yun. Nakakahiya! Napakamot ako ng batok at nagpipilit ng ngiti pero nagmukang ngiwi.

Matapos basahin ang papel binalik nya yun sakin. **"Pag-usapan natin to. Pumasok ka muna sa office ko at hintayin mo ko. May kakausapin lang ako."**

Ginawa ko ang sinabi nya. May dalawang kwarto ang Guidance Office. Isa para sa mismong opisina nya. Isa naman para sa counceling nya at ng magulang o ng mismong istudyante.

*Walang pinagbago.*

Napangiti ako ng dahil dun. Saulado ko na kasi ang bawat kanto ng Guidance Office namin. Pumasok ako sa mismong opisina ni Ma'am at agad na naglaho ang ngiti ko sa labi dahil sa taong naabutan ko sa loob.

**"Anung..."** Bulong ko.

Nakatingin sya sakin. **"Nice to see you here."** Unti-unti syang ngumiti. **"...Jay-jay."**

**"C-cyrus."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 170

**Cyrus Velasco**

***Jay-jay's POV***

***Flashback...***

**"Meron kayong bagong classmate!"** Announce ni Ma'am.

*Pakihanap ang paki ko!*

Meron syang sinenyasan sa may pinto at pumasok ang isang lalaki. Matangkad sya at singkit ang mata. Dahil may itsura agad na nagtilian ang mga kaklase kong uhaw ata sa pagtingin ng gwapong lalaki.

**"Hello... I'm Cyrus Velasco. 16 years old. Nice to meet you all. I'm your new classmate."** Sabi nya at ngumiti.

*Tss. Malamang!*

Bigla nalang nagtama ang tingin namin. Agad akong umiwas, wala akong interes sa kanya. Muka syang mayabang---man pala.

Meron sinabi si Ma'am na hindi ko na maintindihan. Nakakatamad makinig!

Bigla nalang nasigawan yung mga kaklase ko sa unahan. Mukang naghahanap na sya ng uupuan. Nagpangalumbaba ako at tumingin sa bintana.

Mas masarap pang pagmasdan ang alikabok na nakadikit sa salamin ng bintana. Mula sa gilid ng mata ko nakita ko yung mga kaklase ko na nakatingin sakin.

*Problema ng mga to?*

Inis kong tinignan ang mga luko. Dun ko lang napansin na lahat sila nakatingin sakin. Huminto ang mata ko sa lalaking nasa harapan ko at nakangiti sakin.

**"Can i?"** Tanung nya habang nakaturo sa upuan sa tabi ko.

**"It's taken."** Bored kong sagot.

**"Wala namang naka-upo dyan."** Singit ng isang kaklase ko kaya tinignan ko sya ng masama.

**"Shut up!"** Sigaw ko sa kanya at nakakuha naman ako ng matalim na irap bilang sagot nya.

**"By who?"** Casual nyang tanung.

**"By my bag."** Mabilis kong nilagay ang bag ko don. **"...See?"**

Tumawa sya ng malakas. Bigla nalang ako nairita sa tawa nya nayun. Ang dami-daming bakanteng upuan tapos dito sya uupo. Nang-aasar!

**"Wag kang tumawa! Seryoso ko... Nag-aaral sya oh!"** Sabay turo sa bag kong bahagya'ng nakabukas at nakadila ang mga basura.

Tumawa ulit sya dahilan para lalu akong mainis.

*Gago ata!*

Bigla nalang nya'ng kinuha ang bag ko at binalik yun sakin. Naupo sya sa bangkuan sa tabi ko at ngumiti na naman.

**"You're cute."** Sabi nya.

**"Anak ng pvta!"** Inis na sabi ko.

**"Ms. Mariano!"** Sigaw sakin ni Ma'am.

*Andyan pala sya?!*

**"Po?"**

**"Sa Guidance Office, ngayon na!"**

Nagtawanan ang mga kaklase ko. Yari kayo sakin mamaya. Bwisit naman kasi!

***EndOfFlashback...***

Kulang dalawang taon na ang nakakalipas simula nung pumasok sya sa room namin at nagpakilala.

Muka syang mabait at dahil may itsura, maraming humanga sa kanya. Pero balat kayo lang ang lahat ng yun.

Dahil baliw si Cyrus, puno ng kayabangan at uhaw sa kasikatan.

**"I knew you'll come back."** Sabi nya at naglakad palapit sakin.

Napaatras ako. Hindi ko alam na dito pa talaga kami magkakaharap. Sandali kong tinignan ang pintuan. Balak ko sanang tumakbo palabas pero hindi ko na nagawa.

Mabilis na hinawakan ni Cyrus ang leeg ko. **"...wag ka munang umalis."**

**"C-cy... Rus..."**

Nahihirapan akong huminga dahil sa higpit ng pagkakahawak nya. Unti-unti ring umaangat ang paa ko sa sahig. Agad kong hinawakan ang kamay nya para alisin sa leeg ko, pero kulang ang lakas ko.

**"Argh!"** Sigaw ko ng itulak nya ko pasandal sa pader.

**"Buti nalang bumalik ka dito... Kasi na-*miss* kitang talaga."** Sabi nya ng may diin sa salitang '*miss*'.

Alam kong iba ang ibig sabihin nung sinabi nya. Yun nga lang nahihirapan akong alamin yun dahil sa sitwsyon ko.

**"B-biti... Wan... Mo... Ugh! Ko..."**

Lalu nyang hinihigpitan ang hawak sa leeg ko. Nag-uumpisa ng manlabo ang paningin ko.

**"Masakit diba?"** Mapang-asar nyang tanung. **"...Ganyan din naramdaman ko nun. Hayop ka!"**

**"C-cy..."** Wala ng boses na lumalabas sakin.

*Tang'na!*

Kahit kamay ko wala na ring lakas para itaas pa at ilaban sa kanya. Dito na yata ako mamatay.

*Tulungan nyo po ako!*

Bigla nalang tumawa si Cyrus at unti-unti ako binitawan. Kusa akong bumagsak sa sahig. Halos mailuwa ko ang lalamunan ko sa pag-ubo at paghahabol ng hangin.

**"Hindi ako tanga para patayin ka... Gusto ko lang ay mahirapan ka kagaya ko."** Sabi nya at naglakad na paalis ng Guidance Office.

Bumagsak ang mga luha ko. Natatakot ako, kahit hindi naman dapat. Ang bilis ng tibok ng puso ko at parang gusto kong yakapin ang tuhod ko habang umiiyak ng malakas.

*Pero hindi dapat!*

Nanginginig ang katawan ko. Halos gumapang ako palapit sa isa sa mga silya. Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa.

Nanginginig din ang kamay ko. Gusto kong tawagan si Keifer o si Yuri. Pero....*para saan?*

Hindi ako bata para magsumbong. Nagkakagulo na sila dahil sakin, mas mabuti na rin siguro na wag ko ng ipaalam.

Pinilit kong maupo sa isa sa mga silya. Tumahan ako at inayos ang sarili ko. Nawala sa isip ko yung envelop, agad kong hinanap yun at nakita sa sahig. Kinuha ko yun at nilagay sa table ni Ma'am.

Inayos ko yung buhok ko at tinakpan ang leeg ko. Kahit hindi ko nakikita alam kong mag-mamarka yun. Buti nalang at matagal bago bumalik ang Guidance Councilor.

**"Sorry kung matagal ako."** Sabi nya at agad na naupo sa malaking silya. **"...Nainip ka ba?"**

Umiling ako pero bigla nalang sya'ng tumitig sa sakin.

**"Okay ka lang ba?"** Tanung nya.

**"O-opo..."**

Nagkibit balikat sya. Kinuha nya yung brown envelop sa table nya. Sandali nyang binasa ang nakalagay sa papel.

**"Nagkita ba kayo ni Mr. Velasco dito?"** Tanung ni Ma'am habang hindi inaalis ang tingin sa mga papel.

*Kung alam nyo lang.*

**"Opo."**

**"Ang batang yun, mula ng bumalik sa ospital puro sakit ng ulo ang dala. Pinalitan ka yata dito sa school."** Pabiro nya'ng sabi.

Pero hindi ako natatawa.

**"...If you don't mind. Anu ba talagang nangyari sa inyo nun? Iba't ibang kwento na yung nakarating samin, kaya magulo."**

Napaiwas ako ng tingin. Ang tagal na nun, bakit kailangan pang maki-tsismis?

**"A-anu... Kasi p-po..."**

***Flashback...***

**"Ang kulit nito! Sasaktan ko na to Boss!"** Sigaw ng isa sa mga kaibigan ni Cyrus.

Tinignan ko kung anung ginagawa nila. Pinagt-tripan nila yung first year student. Maliit lang yun at maitim.

Nakaramdam ako ng inis. Pang-ilan na ba to sa pinagt-tripan nila? Hindi ba sila naaawa sa mga freshmen?

Lumapit ako sa kanila. **"Cy!"** Tawag ko.

Tumingin sakin si Cyrus at ngumiti. Hindi na ko natutuwa sa ngiti na binibigay nya. Hindi na rin ako natutuwa sa mga ginagawa nila.

**"Hi Babe!"**

*Babe?*

Nakita kong nagtawanan yung mga kaibigan ni Cyrus. Alam ko namang nang-aasar lang sila at yung salita'ng *Babe* na yun.

**"Ikaw!"** Tawag ko don sa freshman na pinagt-tripan nila.

**"P-po?"** Nanginginig na sagot nya habang nakaturo sa sarili.

Nag-nod naman ako agad. **"Bumalik ka na sa room nyo."**

**"Teka lang! Hindi pa kami tapos sa kanya!"** Reklamo ng isa.

**"Jay naman!"**

Tuluyan ng nakaalis yung freshman kaya wala na silang nagawa. Tinignan ko sila ng masama. Hindi na ko ginagalang ng mga barkada ni Cyrus.

**"Ang K.J. ng girlfriend mo Cy!"** Inis na sabi ng isa sa kanila.

Naglakad si Cy palapit sakin. Hinawakan nya ko sa braso at bumulong. **"Let's talk."**

Sumunod ako sa kanya. Alam ko na ang gagawin nya. Sasabihin na naman nya na ayaw nyang napapahiya sa harap ng mga kaibigan nya.

**"I hate what you did."** Sabi nya at humarap sakin.

**"Bakit yung ginawa nyo? Sa tingin mo natuwa ako?"** Inis kong sagot at nag-cross arm.

**"Wala naman kaming ginagawa'ng masama. Pinagkakatuwaan lang namin sya."** Dipensya nya.

Napataas ang isang kilay ko. Pang-ilan na to sa pinagkakatuwaan nila?

**"Tinatakot nyo yung bata! First year pa lang yun!"** Napabuntong hininga ako para pigilin ang galit ko. **"...Hindi na nakakatuwa yung mga ginagawa nyo. Yung mga barkada mo, wala ng respeto at pangalan ko ang nadadawit sa inyo."**

Bahagya syang tumawa. **"Kami pa ngayon ang sumisira sa pangalan mo?!"** Sinuklay nya ang sariling buhok gamit ang kamay nya. **"...Ikaw ang sumisira ng pangalan namin!"**

*Ako?! Wow ha!*

**"Ako pa talaga?! Nakakahiya naman sa pinag-gagagawa nyo!"**

**"Oo! Kami ang nasasabit sa away na ginagawa mo sa labas ng school!"**

Tinignan ko sya ng diretso sa mata. **"Sorry ah? Hindi ako aware..."** Sarkastikong sagot ko. **"...hayaan mo para hindi ka madamay pa. Mag-break nalang tayo."**

Agad na nagsalubong ang kilay nya. Ayaw daw madamay! Edi makipag-hiwalay. Tutal obvious naman na wala talaga kami'ng feelings sa isa't isa.

**"You can't break up with me!"** Inis nyang sabi.

Napalakas ang sabi nya kaya agad kaming nilapitan ng barkada nya. May iilan ding istudyante na pinapanood kami.

**"I can break up with you."**

Lalakad na sana ako paalis pero bigla nya kong hinigit sa braso. Napa-aray nalang ako sa sakit. Tinignan ko sya ng masama na sinabayan naman nya.

**"Hindi pa tayo tapos mag-usap."**

**"Cyrus! Ayoko na!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nya kong hinawakan sa panga. Nadiin yun kaya napapapikit nalang ako sa sakit.

*Putik!*

**"You can't dump me!"** Nilapit nya ang muka ko sa kanya. **"...Ako lang ang magsasabi kung tapos na tayo!"**

Agad akong tinabig ang kamay nya ng buong lakas. Bago pa sya magsalita sinundan ko na ng suntok. Bumagsak sya sa sahig at agad na nilapitan ng mga barkada nya.

Tinutulungan sana syang tumayo ng mga ito pero tinulak lang nya. Kita ko ang pagtulo ng dugo galing sa labi nya

*Tsk! Napalakas ata.*

Pinunasan nya yun at tinignan ang kamay na ginamit nya. Ngumiti sya pero halata'ng galit na.

Humakbang ako palayo pero huli na. Sinalubong ng muka ko ang palad nya dahilan para bumagsak ako sa lupa. Mas mabigat ang kamay nya sakin.

**"Pre!"** Sigaw ng isa sa barkada nya. **"...Anu kaba! Babae pa rin yan!"**

Namanhid ang muka ko sa ginawa nya. Tinignan ko sya ng masama at dahan-dahang tumayo.

Meron akong nalasahang iba sa bibig ko. Alam kong hindi laway yun. Nakaramdam din ako ng hapdi sa bandang labi. Hinawakan ko yun at kung mamalasin ka nga naman.

*D-dugo!*

Pvta! Pumutok ang labi ko sa lakas ng sampal nya! Hayop!

Ibabalik ko sana ang tingin ko sa kanya pero may mali. Ayaw ng umalis ng tingin ko sa kamay kong may dugo. Nanginginig din ang katawan ko.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan, bumilis ng bumilis ang tibok ng puso ko.

"*Palamunin ka!*"

*Ha?! S-saan galing yun?*

Nakaramdam ako ng sobrang takot. Humihigpit din ang paghinga ko.

"*Dapat sayo mamatay na!*"

SAAN BA GALING YUN?! SINO YUN?!

**"What's wrong? Scared of blood?"** Nang-iinis na tanung ni Cyrus pero hindi ko sya pinansin.

Bakit ganun? Bakit ang ganda ng kulay ng dugo? Bakit parang.... *Naaakit ako.*

Huli ko na-realize na palapit na ang kamay ko sa bibig ko.

*Y-yung lasa ng dugo...*

***EndOfFlashback...***

**"Nag-away po kasi k-kami. Nagdilim po yung paningin ko."** Sagot ko kay Ma'am.

*Literal na nagdilim.*

**"Tsk! Tsk! Kayo talaga'ng mga kabataan. Mapa-babae o lalaki, wagas makipag-away."** Sagot nya sakin habang umiiling.

Binaba nya yung papel at akmang pipirmahan yun ng bigla syang huminto at tignan ako.

**"Asan nga pala si Mr. Fernandez?"**

*Si Kuya?*

**"N-nasa trabaho po. Bakit?"**

Huminga sya ng malalim. **"Nakakahiya mang sabihin, pero... Isa kasi sya sa major sponsor ng school na to. Nung umalis ka dito, tumigil na rin sya sa pagbibigay samin."** Sumandal sya sa pagkaka-upo. **"...baka pwedeng kausapin mo sya."**

*T-teka nga... Anu bang...*

**"...meron kasi kaming bagong building na ipapatayo."** Dagdag pa nya.

Anu bang gusto nilang sabihin? Bakit ba hindi nalang nila ko diretsuhin?

**"G-gusto nyo pong kausapin ko si Kuya para magbigay sa inyo?"** Alanganin kong tanong.

**"Parang ganun na nga."**

*Anak ng fishball!*

Sinasabi ko na nga ba! Mali'ng mali talagang nagpunta pa ko dito!

Minsan ko ng narinig na nag-uusap si Ma'am at si Kuya. Dahil wala naman akong paki-alam, hinayaan ko lang sila.

Pero malinaw sakin, sinusuhulan ni Kuya ang school na to!

**"Bakit ko naman po gagawin yun?"** May halong inis na sabi ko.

**"Kasi Ms. Mariano... Ang pangit naman yata kung ilalagay ko sa records mo na meron kang multiple suspension and expulsion."** Sabi nya at ngumiti.

*Huh?! Pero wala naman*----

**"...Si Mr. Fernandez ang dahilan kung bakit ni-minsan hindi ka na-suspende kahit ang dami mong kalokohan."** Bahagya syang lumapit sakin. **"...Sya din ang dahilan kaya tranferee purposes ang reason na nilagay namin sa school records mo sa halip na expulsion."**

Tinignan ko yung papel na dala ko. Nakababa yun sa lamesa. *Bwisit!*

Kaya pala ang ganda ang gulo ng records ko. Kasi pala, iba-iba ang nilagay nila. Ayos din tong school na to!

Pero akong pagpipilian! Gusto ko ng umalis dito. Kaya kahit labag sa loob ko...

**"S-sige po... Kaka-usapin ko po si Kuya."**

Ngumiti ng malawak si Ma'am. Mabilis nyang pinirmahan ang mga papel at binalik yun sa envelop bago iabot sakin.

**"Mag-hihintay kami."** Nakangiti nyang sabi sakin.

**"Sige po. Thank you po."** Sagot ko sa kanya at mabilis na lumabas ng office nya.

*Tang'na!*

Nasa hagdan na ko ng huminto ako. Huminga muna ko ng malalim para pagaanin ang loob ko. Sobra yung inis ko.

Hindi naman kaya nakakahiya sa kanila? Kung may 100x akong pinapatawag ng Guidance Office, 100x din silang sinuhulan ni Kuya.

*Very Nice!*

Ang lakas maka-badtrip ng school na to. Kung hindi-----*shit!*

Napatigil ako dahil sa nakita ko. Inaabangan ako ni Cyrus sa baba ng hagdan. Nakangiti sya sakin at sa itsura pa lang nya, mukang may hindi na gagawin na maganda.

Sinubukan kong umakyat ulit sa taas pero andun na yung barkada nya.

**"Pwede ba tayong magkwentuhan sandali?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 171

**Author's Note:** Sa mga hnd po nkakapansin. Mas mahba na po ang isang chapter kesa sa mga nauna. Kaya kaunti lng na-update ko. *Sorrey!*

**Nice meeting you**

***Jay-jay's POV***

**"Shit!"** Sigaw ng isa sa kanila matapos ko syang suntukin.

Pinilit kong lumaban----mali! Pinipilit kong lumaban kahit sa totoo lang wala sa kundisyon ang katawan ko.

Lima lang sila kung tutuusin pero kanina pa ko nahihirapan na kalabanin sila. Hindi ko alam kung bakit pero parang hindi na ako yung Jay-jay na kayang lumaban kahit anung oras.

Nakakapang-lambot humarap kay Cyrus ngayon. Nakatingin lang sya sakin pero pakiramdam ko hinihigop ng bawat tingin nya ang lakas ko.

*Anu bang gusto nila?*

**"Walang pinagbago... Malakas pa rin sumuntok."** Sabi nung isa habang pinupunasan ang labi nya'ng may dugo.

Pinagtitinginan na kami ng mga istudyante. Ang masama pa nito, nakikinuod lang din ang mga teacher sa kanila.

Sa field pa talaga nila ko dinala. Para anu? Gusto ba nila kong mapahiya? Anu bang gusto nila?

*Pakshet naman!*

**"Cyrus... Please... Ayoko ng gulo."** Paki-usap ko pero nakatitig pa rin sya sakin. **"...anu bang gusto mo?"**

Nag-cross arm sya at bahagyang tumawa. **"Simple lang ang gusto ko Jay. Iparanas sayo yung paghihirap na naranasan ko."**

Bubuka pa lang sana ang bibig ko para magsalita pero may bigla nalang humampas ng kung anu sa hita ko mula sa likod ko.

**"Ugh!"** Sigaw ko at kusa nalang akong bumagsak sa lupa.

Mangiyak-ngiyak akong napahawak sa hita ko. Nakita ko yung isa sa barkada ni Cyrus na may hawak na malapad na kahoy.

*Shit! Daig ko pa nag-hazing nito!*

**"Masakit?"** Tanung ni Cy at ngumiti. **"...kulang pa yan."**

May panibagong bagay na humampas sa braso ko. Napasinghap ako sa sakit. Hindi ko na napigilan ang luha kong bumagsak.

"*Nakaka-awa naman si Jay!*"

"*Tama lang sa kanya!*"

"*Gago talaga tong Cyrus na to!*"

"*Tulungan nyo kaya si Jay!*"

Sari-sari'ng reaksyon nila. Pero walang tutulong sakin. Alam ko yun! Sinong gustong tumulong sa kagaya ko.

Ngayon ako nagsisisi na hindi ko tinext o tinawagan sila Keifer. Pero kahit naman gawin ko yun, hindi rin naman nila alam ang papunta dito.

Ayoko na ding dagdagan ang problema sa Section namin.

*Bahala na si Batman.*

Pinilit kong tumayo. Hawak ko yung bahagi ng braso ko na hinampas nila. Ramdam ko yung panginginig ng laman ko.

**"Pre! Nakakatayo pa!"** Sabi nung isa habang nakatawa.

**"Tigilan nyo na si Jay-jay."** Sigaw ni Manong sa hindi kalayuan.

*Shit! Manong wag na kayo makialam!*

**"Kung sa inyo kaya namin ihampas to!"** Banta nila.

Hindi nakatinag si Manong. Tinignan nya ko na puno ng awa. Umiling ako sa kanya para sabihin na wag na sya makialam.

Humarap ako kay Cyrus at nakangiti sya sakin. Panibagong hampas na naman ang nakuha ko sa kabilang hita. Napaluhod na ko sa sakit.

Nagsisisigawan na din ang mga istudyante.

*Tang'na!*

Bakit ba hindi ako makalaban? Bakit ba parang naduduwag ako? Ngayon pa talaga!

Sinusubukan kong tumayo ng may makita akong palapit sakin. Huminto sya sa harap ko habang nakayuko ako. Bigla nalang nyang tinapakan ang kamay kong nakalapat sa damuhan.

Pinipigilan kong sumigaw sa sakit. Ayokong ibigay sa kanya yung gusto nya. Ang makitang nahihirapan ako. Kapag ginawa ko yun, parang sinabi ko na rin na talo ako o sumusuko na ko.

*Hindi ko gagawin yun!*

**"Ang tibay! Ayaw talaga sumuko!"** Sabi ni Cyrus at nagtawanan sila.

Bigla nalang may sumipa sa sikmura ko dahilan para mapahiga ako at mamalipit sa sakit.

**"C-cy..."** Bulong ko habang nakatingin sa kanya at sa mga barkada nyang nagtatawanan.

Sobrang sama ba ng ginawa ko sa kanya para saktan nya ko ng ganito?

*Na-ospital po kaya sya!*

Wrong question! Mas tamang sabihin na, wala na bang kapatawaran yung ginawa ko sa kanya?

Pero hindi rin naman marunong magpatawad si Cyrus. Kaya kahit ilang beses akong mag-sorry sa kanya. Wala din saysay yun.

**"Argh!"** Sigaw ko matapos makatanggap ng dalawang panibagong sipa sa sikmura.

Hindi ko na yata kakayanin. Nanginginig yung laman ko sa sakit. Hindi na ko makagalaw.

*Please...Tulungan nyo ko.*

**"Cry as long as you want. No one will help you."** Nakatawang sabi nya sakin.

*Please...*

**"Tuluyan na natin to?"** Tanung nung isa sa kanila.

**"Wag muna... Nag-eenjoy pa ko."** Sagot ni Cy at bigla nalang akong sinipa sa binti.

Hindi ganun kalakas pero napasinghap pa rin ako sa sakit.

*Keifer!*

**"Itayo nyo."** Utos nya sa mga kasama.

Hinawakan nila ko sa braso at pilit tinayo. Ayaw na makisama ng katawan ko kaya napilitan silang tiisin ang bigat ko. Tuloy-tuloy ang pagbagsak ng luha ko dahil sa sakit na nararamdaman ko.

Malakas na sampal ang binigay nya sakin. Sa sobrang sakit ng katawan ko hindi ko na nagawang indahin ang sampal nya.

**"Matibay talaga!"** Sabi ng isang may hawak sakin.

*Anu bang definition nyo ng matibay?*

Lambot na lambot na ko at parang lantang gulay. Yun ba ang matibay?

Nakita ko ang pagkuyom ng kamao ni Cyrus at inihanda nya yun para suntukin ako. Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama nun sakin.

Pero lumipas ang segundo at wala akong naramdaman na suntok. Baka namanhid na ang katawan ko sa mga bugbog nila.

Dinilat ko ang mata ko at nakita ko ang tunay na dahilan kung bakit hindi ko naramdaman ang suntok nya. Dahil hindi naman yun tumama sakin.

May pumigil sa kanya! Tinignan kong mabuti kung namamalik-mata lang ba ko.

*Panung...*

May naka-hawak sa kamao ni Cy at yun ay ang kamay ni... *Keifer?* Meron ding isang kamay na nakahawak sa kwelyo nya at yun naman ay kay... *Yuri?*

Ilang beses akong pumikit at dumilat. Silang dalawa talaga! At mukang hindi lang sila ang nandito. Nakita kong pumapaligid ang mga Ulupong samin.

Bigla nalang akong binitawan ng may hawak sakin. Dahil nanlalambot pa ang tuhod ko at hindi makatayo ng maayos, babagsak ako. Pero bago mangyari yun sinalo agad ako ni David at inalalayan.

**"Are you okay?"** Tanung nya sakin.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya. Binalik ko ang tingin kila Cyrus.

**"Let me go!"** Sigaw ni Cyrus pero walang gumagalaw kila Yuri at Keifer.

**"Cyrus Velasco?"** Tanung ni Yuri.

**"What do you want?!"** Inis na sagot nya.

Ngumiti si Yuri. *Ngumiti sya?* Pero bakit? Walang kakaiba sa ngiti nya. Natural lang na ngiti yun na lagi nyang binibigay sa iba at sakin.

**"We've finally met."** Sabi ni Yuri.

Hinarap ko si David dahil sobrang naguguluhan ako.

**"A-anu bang nangyayari? Panu k-kayo nakarating dito?"** Tanung ko sa kanya.

Ngumiti sakin si David. **"Ask your little friend here."** Sagot nya at awtomatikong lumitaw si Ci-N mula sa likod nya.

**"Hi Jay! Sorry natagalan kami!"** Sabi nya habang nakangiti.

Ewan ko, pero parang ang hyper nya ngayon. Ngiti'ng ngiti kasi sya at panay ang likot sa kinatatayuan. Samantalang ginagawa lang nya yun kapag may nakaka-excite na bagay syang gagawin.

**"Ci... P-panu nyo k-ko----panu kayo nakarating dito?"**

**"Edi nagtanung kay Sir. Tapos nagtanung kami sa mga staff nung Camp is Rock kung panu makarating dito."**

Nag-nod naman ako bilang paglilinaw na naintindihan ko ang mga sinabi nya.

**"Bitiwan nyo ko! What the fvck do you want from me?! And who the fvcking hell are you?!"** Galit na sabi ni Cyrus habang pilit nagpupumiglas kila Keifer at Yuri.

**"I'm Yuri Hanamitchi!"** Nakangiting sagot ni Yuri.

**"Mark Keifer Watson."** Seryosong sagot ni Keifer. **"...At kami lang naman ang maniningil sa ginawa mo kay Jay-jay!"**

Bigla nalang nya'ng sinikmuraan si Cyrus. Sa lakas ng pagkakasuntok nya, halos lumuwa ang mata ni Cy. Bago pa sya bumagsak sa damuhan, hinawakan na sya ni Yuri at pilit itinayo.

**"Nice to fvcking meet you."** Dagdag nya at sinikmuraan din si Cyrus.

Sa pagkakataon na to hinayaan na nila syang bumagsak at mamalipit sa sakit.

"*Sino ba ang mga yan?!*"

"*Shit! Ang ga-gwapo!*"

"*Kakilala yata ni Jay!*"

"*Ang gwapo nila!*"

"*Ang gwapo nung pula ang buhok!*"

"*Ang cute nung maliit!*"

"*Sino kaya yung may hawak kay Jay?*"

"*Aaaayyy... Sana ako nalang si Jay!*"

"*Gusto mo ding mabanatan ni Cyrus?*"

"*Gaga! Gusto ding mapaligiran ng gwapo!*"

Nun ko lang naalala na marami nga pa lang nanunuod samin. Hinanap ko din agad yung apat na kasama ni Cyrus kanina.

Hawak na sila nila Felix, Kit, Edrix at Denzel. Kompleto pala silang lahat.

*Teka lang!*

Kung andito silang lahat, sinong tao sa camping site namin? Ay naku naman! Panu kung hanapin kami ng organizer? Hanep yan!

**"K-kailangan na nating b-bumalik."** Sabi ko kay David.

Tinignan ko yung damuhan. Wala yung gamit ko. Mukang naiwan ko yun sa kung saan.

**"...Yung g-gamit ko!"**

Tumingin sila Ci-N at David sa paligid. Hindi nila makikita yun, dahil tanda ko pagdating sa field wala na kong hawak na gamit.

**"Ipapahanap natin."** Sabi ni David.

Nakita namin si Calix at Eren na parang artista sa pag-kaway sa mga babae.

*Sumbong ko kaya kay Mica to?*

**"Ci-N! Do me a favor. Pakibatukan yung dalawang yun."** Utos ni David.

Agad na lumapit si Ci-N dun sa dalawa at ginawa ang utos ni David. Malakas na batok ang binigay nya sa dalawa.

Sabay pa silang tumingin ng masama kay Ci pero agad naman nyang tinuro si David. At ang David bigla nalang tumaas ang hintuturo at huminto sa tapat ko ang daliri nya.

*Nice... Pasahan ng sisi.*

**"Para saan yun?!"** Inis na tanung ni Eren sakin.

No time to explain. Bahala na kung magalit sila sakin. Kahit hindi naman talaga ako nag-pagawa nun kay Ci.

**"Y-yung gamit ko... Paki h-hanap."** Utos ko.

**"Yun lang pala..."** Sagot ni Calix. **"...Tara!"**

Agad na umalis yung dalawa. Panu nila hahanapin yun, hindi man lang nagtanung sakin. Bahala na nga sila.

**"FVCKING ASSHOLE!"** Sigaw ni Keifer.

Lahat kami napatingin sa kanya. Hawak nya si Cyrus sa kwelyo. Nakita ko si Yuri na naka-upo sa damuhan habang pinupunasan ang labi.

**"A-anung nangyari?"** Nag-aalala kong tanung.

**"Bumawi ng suntok ang Gago! Si Yuri yung pinakamalapit sa kanya, kaya sya yung sumalo nung suntok!"** Paliwanag ni Drew.

**"Banatan na yan!"** Sigaw ni Ci-N na parang tuwa'ng tuwa.

**"Ci-N!"** Sita ko sa kanya.

**"Anu nyo ba si Jay-jay?! Anu bang pakialam nyo sa gawin ko sa kanya?!"** Inis na tanung Cyrus habang pilit inaalis ang kamay ni Keifer.

**"She's our classmate."** Mabilis na sagot ni Mayo.

**"She's our friend."** Dugtong ni Kit.

**"She is part of our family."** Sabi ni Ci-N at ngumiti sakin.

Kusa nalang din ako'ng napangiti dahil sa mga sinabi nila. Ang sarap kasing pakinggan. Akala ko nung una ako lang ang nag-iisip ng ganun. Sila din pala.

**"She belong to Section E."** Sabi ni Yuri habang tumatayo.

**"And she is mine."** Pahabol ni Keifer.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Bakit kailangan nya pang idagdag yun? Baliw talaga! *Kainis!*

"*Boyfriend daw ni Jay!*"

Sabi ng isa sa mga nanunuod. Hindi ko sya boyfriend! Anu ba?!

**"Ikaw ang pinalit sakin ni Jay-jay?!"** Natatawang tanung ni Cyrus kay Keifer.

Halata'ng nainsulto yung Hari sa tinanung nya. Gusto kong sabihan kay Cyrus na wag na magsalita. Baka mapikon tong isa, masama pa naman sya magalit.

**"...Nagpa-uto ka rin sa babae na yan?!"** Dagdag pa nya dahilan para lalung magsalubong ang kilay ng Hari.

Sandali akong kumarap at laking gulat ko ng suntukin ni Keifer si Cyrus na agad na tumilapon sa medyo malayo. Sa lakas ng suntok nya agad na dumugo ang ilong at bibig ni Cy.

Akala ko yun na yon pero agad na lumapit si Keifer sa kanya at pinagsusuntok sya.

*Shit! Kalalabas lang ng ospital nyan!*

**"Yuri!"** Sigaw ko at tumingin naman sya sakin. **"...A-awatin mo si Keifer! Baka k-kung anu mangyari kay Cyrus!"**

**"Sorry Jay! Pero hindi ko na maaawat si Keifer!"** Sagot nya sakin.

**"Nasagad na si Keifer."** Sabi ni David.

**"Ginalit nya. Wala na. Hindi na mapipigilan yan."** Sabi ni Ci-N na parang nadismaya pa.

Mukang mga wala talaga silang balak na pigilan sya. Natatakot na rin yung mga nanunuod at nagsisilayo na.

**"Keifer!"** Tawag ko sa kanya. **"...Keifer! Please! Tama na!"**

Kahit halata'ng labag sa loob, huminto si Keifer at humarap sakin. Naghahabol sya ng hangin at dahang dahang lumapit sakin.

**"Why?"**

**"Kalalabas lang nya ng ospital. Baka kung anung mangyari sa kanya."** Sagot ko.

**"Edi ibalik natin sa ospital na pinanggalingan nya. Sabihin natin hindi maganda gamutan nila."** Sabi ni Ci-N at bahagya'ng nagtawanan ang iba.

Pero hindi ako natutuwa. Nagpapasalamat ako at dumating sila para tulungan ako pero sa itsura ni Cyrus ngayon, hindi ko alam kung dapat ba talaga kong magpasalamat.

**"Ano gagawin namin dito sa mga to?"** Tanung ni Felix habang mahigpit ang hawak sa mga barkada ni Cyrus.

**"Bahala na kayo."** Bored na sagot ni Keifer.

Bigla nalang pumalakpak si Ci-N at tuwang tuwa. **"Ako unang sasapak sa kanila!"** Sabi nya.

Ngayon alam ko na. Kaya pala parang hyper na hyper sya. Kasi makiki-cooperate sya sa away.

*Tsk! Kulit talaga!*

Bigla nalang akong binuhat ni Keifer, bridal style. Medyo nabigla ako, nawala sa isip ko na marami kaming kasama at marami ding nanunuod samin.

Nawala din sa isip ko si Yuri. Tumingin ako sa kanya sandali pero nakikigulo na sya kila Ci-N.

**"Jay..."** Tawag ni Keifer sakin. **"...i forgot something."** Sabi nya at bigla nalang akong hinalikan sa labi.

Nakarinig pa ko ng mga nagsigawan sa kilig. Taka kong tinignan ang kumag.

**"P-para saan yon?"**

**"You owe me a kiss. Nagmura ka nung nakaraan habang kumakain ng chocolate."** Sagot ny at ngumiti.

Naalala nya pa yun? Grabe naman! Wala akong ligtas sa taong to. Nakita ko sila Calix at Eren na naglalakad hawak ang mga gamit ko.

**"Keifer... Umalis na tayo dito."** Bulong ko sa kanya.

Nag-nod naman sya. **"Lets go!"**

Parang nabitin pa si Ci sa ginawa nila. Nakanguso pa syang naglalakad. Aalis na kami sa school na to.

Hanggat maari ayoko ng bumalik dito. Ayoko ng balikan yung mga nangyari. Nakatingin ako kay Cyrus na pinagkakaguluhan na ngayon ng mga kaklase nya.

*Sana... Ito na ang huli.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 172

**Admit**

***Jay-jay's POV***

Hindi ako kumikibo. Ramdam naman ni Keifer at ng iba pa na ayoko munang makipag-usap.

Sinubukan nila kong dalin sa ospital pero hindi ako pumayag. Makakarating sa organizer yung ginawa nila. Ayokong magkagulo.

Hindi ko nga sure kung anung gagawin ng school sa nangyari. Nag-aalala din ako na baka bigla akong sugurin ng pamilya ni Cyrus.

*Wag naman sana!*

Pagdating sa Camp *keneme*----nakakayamot kasi yung pangalan. Dumiretso kami sa hall. Lagpas lunch na kasi, pare-pareho pa kaming hindi kumakain.

Kami nalang ang tao don dahil bumalik na sa camping site nila yung iba.

**"Wala ng ulam?"** Tanung ni Felix habang sinisilip ang bawat kasirola.

May nakahanda na kasing pagkain para sa lahat. Nakahilera yun sa mahabang lamesa. Pipila nalang ang istudyante at kakain na.

*Kayalang mukang naubos na.*

**"Yung iba sabaw nalang po. Pero meron pa po nito."** Sabi nung staff habang nakaturo sa iba pang kasirola.

Nakaupo lang ako at pinag-mamasdan silang nagkakagulo. Katabi ko si David na kumakain.

**"Ayaw mo talagang magpadala sa ospital?"** Tanung nya sakin.

Umiling ako. **"Makakarating kasi sa organizer yun tapos magkakagulo. Lalala lang ang sitwasyon. Wag nalang."**

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. May nagbaba ng tray na may pagkain sa harap ko. Si Keifer yun at seryoso ang itsura nya.

**"Eat."** Utos nya.

Tinignan ko yung dala nya. Sabaw at kaunting kanin. Meron ding ilang pirasong tinapay at saging. Daig ko pa pasyente sa ospital dahil dito.

**"W-wala akong gana."**

**"Kung hindi ka kakakain, dadalin kita sa ospital."**

Pero wala nga akong gana. Idagdag pang masama ang pakiramdam ko dahil sa mga bugbog na nakuha ko.

Napabuntong hininga nalang ako at nilapit sakin yun tray. Pinilit kong kumain kahit pakiramdam ko sa bawat lunok ko may sumasaksak sa kalamnan ko.

*Aray!*

Habang kumakain, hindi ko maiwasan na hindi mailang. Ayaw kasing alisin ng Kumag na Hari ang tingin nya sakin.

*Problema nito?!*

Dumating si Yuri at naupo sa katapat kong bangko. May dala din syang tray na padabog nyang binaba.

Napatingin ako kay David. Taka din syang nakatingin sa dalawa. Tinignan nya ko sandali at nagpilit ng ngiti tapos bigla nalang syang tumayo dala ang tray nya.

*Hala! Wag mo ko iwan dito!*

Pagka-alis ni David, sya namang upo ng Hari sa tabi ko. Cross arm pa sya bago sumandal.

**"B-bakit?"** Tanung ko.

Bumuntong hininga muna sya bago magsalita. **"You're no longer allowed to go out without someone by your side. Kailangan may sasama na sayo sa bawat lakad mo."**

*Ha?!*

**"Bakit? Para saan?"** May halong inis sa boses ko.

Hindi ko mapigilan. Ang lakas kasi ng tama ng kumag na to. Idagdag pa yung titig ni Yuri na parang sang-ayon na sang-ayon sa sinasabi nitong isa.

**"Look what happened to you! What if we didn't came?! Baka pinag-pipiyestahan kana sa ospital."** Inis na sabi nya.

**"Hindi ko naman alam na mangyayari yun. Wala naman kasing may kayang manakit sakin sa Holy Shi---Saints."** Paliwanag ko na mukang hindi rin nya tinatanggap.

**"Wala?! And what do you call that Cyrus guy did to you?! Hindi ba BINUGBOG ka nya?! SINAKTAN?!"**

**"Hindi ko naman alam na ganun yung gagawin nya sakin!"**

*Pakshit!*

Hindi ko maintindihan kung bakit parang naiiyak na ko sa pagpapaliwanag lang sa kanila. Manang-mana talaga sila kay Kuya Angelo, ang hirap paliwanagan.

**"Akala ko ba nasa ospital yung Cyrus na yon?"** Tanung ni Yuri kaya lumipat ang atensyon namin sa kanya.

**"May ilang linggo na syang nakalabas at pinabalik na sa school."** Sagot ko.

**"So you knew?!"** Galit na tanong ni Keifer habang salubong ang kilay na nakatingin sakin.

*Hala!*

Napalunok ako ng di-oras. Bakit ba galit na galit to? Inaano ko ba sya?

**"O-oo... Sinabi sakin----"**

**"And yet hindi mo man lang kami hinayaan na samahan ka!"** Putol nya sa sasabihin ko.

**"Kasi nga hindi ko naman---"**

**"Baka naman may balak talaga kayong magkita?"** Singit ni Yuri.

Napahawak na sa sintido si Keifer habang nakapikit. Alam kong nagpipigil sya ng galit.

**"A-ano? Pano mangyayari yon? Hindi nga kami magkasundo! At wala din kaming komunikasyon!"** Inis na sagot ko kay Yuri.

**"Bakit tumuloy ka pa rin? Baka naman gusto mo talagang magkita kayo ng Cyrus na yan?!"** Galit na sabi ni Keifer.

*Hanu daw?!*

Sumasakit yata ang ulo ko sa dalawa na to. Hindi ko kinaya!

**"Bakit ko naman gugustuhin na makita----Teka nga!"** Naningkit ang mata ko habang pabalik-balik ng tingin sa kanila. **"...Nagseselos ba kayo?"**

Umiwas ng tingin si Yuri. Tinignan naman ako ng masama ng Hari.

**"Yes!"**

**"No!"**

Sabay nilang sagot. Medyo naguluhan pa ko kung sinong nagsabi ng '*No*' at ng '*Yes*'.

**"Ang gulo nyong dalawa! Ano ba talagang kinagagalit nyo?!"** Inis na tanung ko.

**"Hindi pa ba obvious? Nagagalit kami dahil nasaktan ka at wala man lang kami don para ipagtanggol ka."** Mahinahon na paliwanag ni Yuri.

Naiintindihan ko yung part na yon. May mali din kasi ako. Kung sana lang talaga nagtext ako sa kanila ng mas maaga.

Tinignan ko si Keifer para hintayin ang pagsagot nya. Salubong ang kilay nya habang nakatingin sakin.

**"Tss."** Sabi nya.

*Salamat sa malinaw na sagot.*

Lalu pang sumingkit ang mata ko. Muka na kong Chinese sa ginagawa ko sa kanya. *Daomingzu! Sanchai!*----ay! Taiwanese pala yon.

Matagal-tagal din ang titigan naming dalawa. Ang masama pa nito, nakikipag-matigasan talaga sya. Matagal-tagal din akong magiging Chinese.

*Nihaoma!*

**"Fine!"** Inis na sabi nya. **"...I'm fvcking mad because of jealousy! Sinong lalaki ang matutuwa kapag nalaman nyang magkikita ang babaeng gusto nya at ang Ex!"**

May narinig akong bahagyang nagtawanan. Napatingin ako sa kabilang table na medyo malapit samin. Andoon ang mga Ulupong at mukang pinapanood nila kami.

*Ang galing nyo dyan!*

Tinignan ni Keifer ng masama ang mga luko. **"Tell me! Ganun din ang mararamdaman nyo, diba?!"**

Kamot batok yung iba habang umiiwas ng tingin.

**"I will feel the same. Sang-ayon ako kay Keifer."** Sabi ni David.

**"Baka patayin ko na yung Ex ni Grace."** Sabi ni Denzel.

**"Buti nalang walang Ex si Mica."** Sabi ni Calix.

**"Tama si Keifer!"** Gatong ni Rory.

**"Babalatan ko ng buhay yung Ex tapos papaliguan ng sibuyas at bawang."** Sabi ni Ci-N.

Nasampal ko nalang ang sarili kong noo. Lalu lang nilang ginagatungan ang Kumag na to. Bwisit!

**"Then you'll ask if i feel jealous?! Aba Jay! Makaramdam ka naman!"** Sabi ni Keifer sakin.

Napangiwi ako sa mga sinasabi nya. Ang lakas kasi ng tama nya sa utak. Wala naman sa lugar yung pagseselos nya.

**"Baliw! May kaselos-selos ba kay Cyrus?!"** Inis na sabi ko sa kanya.

**"Tss."**

**"Para kayong aning!"** Sigaw ko sa kanila ni Yuri.

**"Bakit pati ako?"** Tanong ni Yuri sakin.

**"Stop acting that you don't feel jealous!"** Sigaw ni Keifer sa kanya. **"...kuwari ka pa! Ikaw nga nagsabi sakin na lumpuhin na natin yung Cyrus para hindi na makalapit kay Jay-jay!"**

Kamot batok na ngumiti sakin si Yuri pero nagmukang ngiwi. Sinasabi ko na nga ba! Tong dalawa na to.

*Naku! Naku! Naku!*

**"Wala namang dapat pagselosan. Kaya tumigil na kayong dalawa!"**

**"Tss... Sana pala tinuluyan ko na yung Cyrus na yon."** Bulong ng Hari pero obvious na parinig.

**"Tsk! Tumigil ka sinabi!"**

**"Kapag nalaman kong nagkita pa kayo ng lalaki na yan! I will lock you down in my house and burry that Cyrus alive!"** Banta nya sakin at bigla nalang nagtawanan ang mga luko na nasa kabilang table.

**"It's better if we burn him alive."** Suggestion ni Yuri.

Nagustuhan naman ni Keifer yun at parang nagkasundo sila ulit. Muntik na kong mapangiti dahil dun. Kahit papano andoon pa rin kasi yung pagkakaibigan nila.

Pero kinakain ako ng konsensya ko. Kasalanan ko kasi kung bakit sila nahahati ngayon. Iniisip ko kung hindi siguro ako napunta ng Section E, hindi sila magkakaganito ulit.

**"Keifer! Keifer!"** Sigaw ng kung sino.

Lahat kami ay natigilan at napatingin don sa sumisigaw. *Si Edrix!*

**"What?!"** Inis na tanung ng Hari.

**"Y-yung mga g-gamit natin..."** Huminga sya ng malalim. **"...kulang kulang na!"**

**"Ano?!"** Halos sabay-sabay naming tanung at sigaw.

**"Wala yung cooler, box ng canned goods pati yung bigas wala din."** Paliwanag pa ni Edrix.

Pano yun? Nanakawan ba kami? Pakshit lang! Anong kakainin namin nito?! Agahan at tanghalian lang ang sagot ng school. Pero para saming Section E, lunch lang ang sagot nila---tapos tira-tira pa.

Kaya nga nagbigayan na kami nung nakaraan para may pambili na kami ng kakainin tapos ngayon, nawawala. Hanep naman!

Agad na nagtuyuan yung iba at mabilis na naglakad paalis. Pinilit kong makatayo. Buti nalang at agad na lumapit sakin si Ci-N para alalayan ako sa paglalakad.

Mabilis na nakarating yung iba sa camp site namin. Kami naman ang huli dahil na rin sa bagal kong maglakad.

Magulo ang mga gamit namin. Sira yung ibang tent at bukas naman yung iba. Wala nga yung ibang gamit namin, yung cooler na pinaglalagyan ng pagkain at inumin, yung box na puno ng mga de-lata at yung malaking timba na puno ng isang kabang bigas.

**"Yung tent ko!"** Sigaw ni Ci at agad na tumakbo palapit sa tent nyang sira. **"...Asar naman!"**

Tinanaw ko yung sakin at kita kong nakabukas yun. Dahan-dahan akong naglakad palapit dun para tignan. Muntik pa kong matumba sa pagsilip lang nun sa loob.

Mukang wala namang gumalaw sa bag ko pero may nawawala.

**"Yung Snorlax ko!"** Sigaw ko.

**"Fvcking shit! Ninakawan talaga tayo! Worsted... Sinira pa nila yung ibang tent!"** Galit na sabi ni Keifer.

**"Pero sinong gagawa nito?!"** Nag-aalalang tanung ni Kit.

**"Sabihin na natin sa organizer!"** Suggestion ni David.

**"Mabuti pa nga."** Pag-sang-ayon ni Yuri.

Lalakad na sana yung iba para puntahan yung organizer pero napatigil sila ng itaas ni Josh ang kamay nya hawak ang isang bulaklaking panyo.

**"Sa inyo ba to?"** Tanung nya.

Pare-pareho silang tumingin sakin. Ako nga lang pala ang babae dito at pwedeng gumamit ng bulaklakin.

*Pero hindi ako mahilig sa bulaklakin.*

**"Hindi..."** Sagot ko.

Tinignan pang mabuti ni Josh yung panyo at tinanggal din sa pagkakatupi ang ilang bahagi.

**"John... Rose."** Bigkas nya ng malakas habang binabasa yung nakasulat sa panyo. **"...Sino to?"**

**"Lalaki ba yon?"** Tanung ni Felix.

**"Babae yata."** Sagot ni Calix.

**"Teka! Johnrose? Si Adier!"** Sabi ni Blaster at lahat kami napatingin sa kanya. **"...Section B yan! Naging classmate ko!"**

*Section B?!*

Panong napunta ang panyo ng taga-Section B dito? Nag-tinginan kaming lahat at parang nagkaroon ng ideya.

**"Saan ang camp site ng Section B?"** Tanung ni Mayo.

**"Sa kabila pa yon. Tayo lang kasi ang nahiwalay sa lahat ng Section."** Sagot ni Drew.

*Shit naman!*

**"Ano to?! Ninakawan tayo ng Section B?!"** Inis na tanong ko.

**"Muka nga."** Sagot ni Eren.

Kainis! Bakit kailangan nilang gawin to?! Masama pa nito, dinamay pa nila si Snorlax ko. Bigay sakin yun eh!

*Bigay ni Percy.*

**"Kailangan nating bawiin yung mga yon!"** Sigaw ni Felix.

Sang-ayon ako sa kanya. Kailangan kong bawiin si Snorlax....pati na rin yung pagkain!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 173

**Author's Note:** Walang edit-edit... woooohhhhhh....

**Operation: Bawiin**

***Jay-jay's POV***

Malakas ang apoy sa ginawa naming bonfire. Buti nalang at hindi ako lasing ngayon at baka bigla nalang akong magtawag ng kung ano.

*Kagaya dati!*

Napailing-iling ako habang inaalis yun sa isip ko. Tanginik! Muka akong tanga don tapos may video pa. Sana lang hindi ko na ulit gawin yon.

*Kakahiya!*

**"Wala pa rin?"** Tanong ni David.

Tinignan namin ang mga look out pero umiling lang sila samin. Senyales na wala pa rin sila.

Malakas ang hinala namin na ninakawan talaga kami. Kailangan naming makasiguro at naisip naming paraan ay magpadala ng espiya sa ibang Section. Sa B lang sana muna dahil isa kanila yung may-ari ng panyo na nakuha namin. Pero naisip ni Keifer na magpadala na sa iba.

*Taray sa Espiya!*

**"Ayan na! Ayan na!"** Sigaw ni Mayo.

Agad naman naming inabangan. Si Rory at Edrix ang unang dumating galing sa Section A. Kasunod nila si Kit at Eren galing sa Section B. panghuling dumating sila Blaster at Drew galing sa Section D. Meron pa kaming isang hinihintay galing sa Section C.

**"Bakit wala pa sila?"** Nag-aalalang tanong ni Eman.

Kahit ako nag-aalala na rin. Baka kasi nahuli sila. Nagpadala kami ng dalawang tao sa bawat Section. Hindi sa pinaghihinalaan namin ang Section nila Rakki pero kailangan naming maka-siguro.

**"Natatanaw ko na!"** Sigaw ni Mayo at nakita naming parating si Ci-N at Felix.

**"Kompleto na lahat?"** Tanung ni David.

"*Andito na!*"

"*Kompleto! Walang palya!*"

"*Okay na!*"

Naglapitan na lahat sa bonfire. Para kaming nasa isang importanteng pulong. Bale importante din naman to, dahil usapang pagkain!

**"Rory & Edrix! Did you see anything?"** Tanong ni Keifer.

**"Meron!"** Sagot ni Rory. **"...nasa kanila yung cooler natin!"**

"*Shit!*"

"*Bakit sa kanila?!*"

"*Pano na tayo nyan?!*"

Pinatahimik ni Yuri ang lahat sa pagsenyas sa kamay nya. Ginawa naman nila yon at nagpatuloy si Rory sa pagsasalita.

**"...Ang masama nito. Nilagyan nila ng alak yung cooler. Hindi na tayo pwedeng magsumbong sa organizer."** Huminga sya ng malalim. **"...baka isipin nilang satin din yon."**

Sumang-ayon ang karamihan samin. Hindi naman namin pwedeng sabihin na sa Section A yon. Sigurado'ng babaliktarin na nila kami.

**"How about you, Kit and Eren?"** Tanong ulit ni Keifer.

**"Meron."** Sagot ni Kit. **"...Yung bigas natin nasa kanila."**

**"Pinaghati-hatian ba nila mga pagkain natin?"** Inis na tanong ni David.

Kahit ako naiinis na. Bakit naman kasi kailangan nila kami'ng nakawan? Wala naman kaming ginagawa sa kanila.

*Wala nga ba?*

**"Nasa Section D naman yung mga canned goods at noodles natin. Yung anim na kahon na dala natin."** Singit ni Blaster.

**"Malinis sa Section C!"** Sabi ni Ci-N habang nakataas ang kamay. **"...mabait kasi si Rakki me'loves. Hindi nya kayang gawin satin yun."**

*Hay... buti nalang.*

Yun din ang nasa isip ko. Hindi talaga magagawa samin ni Rakki yun. Mukang nasa tatlong Section lang ang mga pagkain namin.

*Pero yung Snorlax ko?*

**"Kumpirmado, nasa kanila nga."** Sabi ni Yuri at naglakad-lakad na parang may iniisip. **"...Pero pano natin babawiin sa kanila?"**

Great question! *But no answer!*

**"Hindi na tayo pwedeng magsumbong sa organizer."** Paalala ni Rory.

**"Kung komprontahin kaya natin sila?"** Suggestion ko.

**"Baka tayo naman ang isumbong nila sa organizer at baliktarin tayo."** Sagot ni Edrix.

*May punto sya!*

Bigla nalang nagtaas ng kamay si Ci-N habang tumatalon-talon pa. **"Kung pasabugin nalang natin ang mga tent nila sabay kuha ng gamit natin! Tapos patayin ang mga manlalaban at aalipinin ang mga kababaihan!!! Bwuhahahahahahaha!"** Sabi nya habang tumatawa na mala-impakto.

Lahat kami napa-ngiwi sa pinag-sasabi nya. Hindi ako sigurado kung ako lang ba nakakapansin na nagiging brutal yata si Ci-N. Hindi kaya may kung anong kinakain to sa condo nya?

**"Nag-almusal kaba?"** Tanong ni Drew sa kanya.

Kamot batok naman na nag-nod si Ci at takang tumingin samin.

**"Gamot, nakainom ka?"** Tanong ni Eren.

**"Gamot saan?"** Patay malisyang tanong din ni Ci-N.

**"Sa utak mo! Ang lakas kasi ng tama mo!"** Inis na sabi ko.

Tinawanan lang nya kami. Tong bata'ng to, kulang siguro sa tulog.

*Epekto lang ng rabis yan!*

**"We have no time for jokes! Kailangan nating maka-isip ng paraan kung pano natin mababawi yung mga pagkain."** Seryoso'ng sabi ni Keifer.

Sa totoo lang tama sya. Maaga pa para sa hapunan pero nagugutom na ko. Kapag nag-umpisa ng kumalam ang mga tyan namin, malaking problema yun.

*Wala kayang nakakita ng Snorlax ko?*

Kanya-kanya ng suggestion at pwedeng gawin. Habang nag-iisip at nangungulit naman tong si Ci-N----na yung plano nalang daw nya ang gawin namin----may kung anong bagay na nalaglag sa likod nya.

Tinignan nya yon at bago pa man din kami makapag-tanong kung ano yon, bigla nalang syang nag-tatarang na parang babae.

**"Ahas! Ahas! Ahas!"** Sigaw nya.

Agad na nagkagulo ang mga Ulupong at nag-takbuhan. Meron pang nadapa at nasubsob. Dahil sa sakit ng katawan at hita ko, hindi ako agad nakatayo.

Kitang kita ko ang ulo ng Ahas na lumiligid ang tingin at parang naghahanap ng mabibiktima.

"*Mamatay na tayo!*"

"*Aaaahhhh!*"

"*Ayoko pang mamatay!*"

Pinilit kong tumayo at kung mamalasin nga naman. Bigla nalang sumakay si Ci-N sa likod ko habang sumisigaw.

**"Yung bestfriend ni Jay-jay! Tutuklawin tayo!"**

*Bestfriend?!*

Kelan pa ko nagkaroon na bestfriend na Ahas? Abnormal talaga!

Dahil masakit ang katawan ko at ang bigat nya, hindi kaagad ako nakagalaw sa kinatatayuan ko.

**"Ci-N! Umalis ka dyan!"** Sigaw ko.

**"Paalisin mo yung bestfriend mo!"**

*Ay hinayupak!*

Hindi na kaya ng katawan ko. Kusa nalang kaming tumumba pabagsak sa lupa. Napapikit nalang ako.

**"Aray!"** Sigaw ko pagtama sa lupa.

Putik yan! Patong-patong na yung sakit ng katawan ko. Nabugbog na nga ako, sinakyan pa ko ng bata'ng kumag na to at natumba pa kami sa lupa.

**"Walang gagalaw!"** Sigaw ng kung sino.

Dinilat ko yung mata ko. *Shutanginames!* Face to face with my Bestie! Kaya pala may sumigaw na walang gagalaw.

Kaharap ko na yung ulo ng Ahas. Kitang kita ko ang paglabas ng dila nito habang nakatingin sakin.

*Ako target nya! Mamamatay na ko!*

**"Walang gagalaw!"** Sigaw ulit nila.

Nakita ko si Yuri na nangunguha ng sanga ng puno pero bago pa man nya magamit yun, mas lalung tumaas ang ulo ng Ahas. Indikasyon na handa na syang manuklaw.

Literal na walang gumalaw samin. Kung pwede ko lang pigilin ang paghinga ko, ginawa ko na. Kahit mata ko hindi ko magawang ikurap o ilipat ng tingin.

Bigla nalang kaming nakarinig ng tunog ng nabaling stick o sanga. Naging dahilan yun para bumuka ang bibig nung ahas at umambang tutuklawin ako.

Pero hindi nakalapit sakin ang bibig nya. May humatak sa buntot nito palayo sakin.

*Si Keifer!*

Ibinato nya yung Ahas palayo at tumama pa yun sa puno. Yun nga lang hindi naging dahilan yun para tumigil yung bestfie ko----*huh?!*

Mabilis na gumapang yung Ahas pabalik kay Keifer para tuklawin sya pero agad syang naka-iwas sa pagtakbo palayo.

*Malas talaga si Jay-jay!*

"*Jay! Umalis ka dyan!*"

"*Jay-jay!*"

Ako talaga ang target nya! Bago pa man ako makatayo para tumakbo palapit na sya sakin. Akala ko katapusan ko na. Akala ko dun na magtatapos ang buhay ko pero may swiss knife na bumaon sa ulo ng Ahas.

Lahat kami nakahinga ng maluwag. Tinulungan ako ni Yuri na makatayo. Niyakap din nya ko.

**"Sorry... Hindi man lang kita natulungan."** Bulong nya bago bumitaw.

**"O-okay lang... Nakaligtas naman ako."**

Agad naman tumakbo palapit sakin si Keifer. Niyakap agad nya ko ng mahigpit.

**"Shit! Hindi ko alam na nasa likod pa rin kita!"**

Tinignan ko si Yuri sandali. Kita ko sa mata nya na nasasaktan sya. Agad din syang lumayo sa amin.

**"Patay ang bestfriend ni Jay-jay."** Sabi ni Ci-N na parang nag-anunsyo ng balita sa radyo.

*Aning!*

**"May Ahas pala dito! Bakit dito pa rin tayo nilagay ng organizer?!"** Inis na tanong ni Mayo.

Tama sya! Bakit dito pa rin kami nilagay? Tama yung hinala ko nung makita ko yung matataas na damo sa hindi kalayuan.

Nakita ko si David na hinugot yung swiss knife sa ulo ng ahas. Pinunasan nya yun bago inayos at nilagay sa bulsa nya.

**"David!"** Tawag ko sakanya at lumingon sya sakin. **"...Thank you!"**

**"Anytime."** Sabi nya at ngumiti.

Nilapitan nila Ci-N yung Ahas. Sinundot-sundot pa nila ng maliit ng sanga ng puno para malaman kung buhay. Medyo gumagalaw pa pero parang bulate na nilagyan ng asin.

Bigla nalang ngumiti ng malapad si Ci-N at humarap saming lahat. **"Alam ko na kung pano natin mababawi yung mga pagkain natin."**

Malakas ang kutob kong hindi maganda ang gagawin ng Batang kumag na to. Pero kailangan naming marinig ang plano nya.

Pinalapit nya kaming lahat pinaliwanag ang planong sinasabi nya.

**"Sigurado kaba dito Ci?"** Tanung ko sa kanya.

**"Oo naman! Patapusin mo muna kasi ako."** Inis na sabi nya sakin at hinayaan ko syang ituloy ang paliwanag nya sa mga gagawin namin.

Nang matapos sa pagpapaliwanag, sang-ayon naman ang lahat. Hinati muna namin ang grupo. Yung mga pupunta sa Section A, B at D. Maiiwan naman yung iba para bantay sa camping site namin.

Umalis si Drew para kuhanin ang kailangan. Sinigurado naman ni David na patay na yung Ahas at wala ng palag sa gagawin namin.

**"Wala bang nakakita sa inyo ng Snorlax ko?"** Tanung ko sa kanilang lahat.

Nagtinginan ang karamihan para alamin ang mga sagot nila. Yun nga lang mukang wala.

**"Hindi ako sigurado..."** Sabi ni Edrix kaya napatingin kami sa kanya. **"...may hawak kasing staffed toy si Ella, pero hindi ko nakita ng**

**maayos."**

*Hala!*

Wala namang magdadala ng staffed toy dito----bukod sakin. Baka yun yon! Si Snorlax ko!

**"Eto na! Eto na!"** Sigaw ni Drew habang tumatakbo dala ang isang fishing rod.

Agad na inayos ni David ang Ahas para itali dun sa fishing rod. Sinigurado nilang matibay at maayos ang pagkaka-kabit.

Nang matapos sa ginagawa, nagsipag-ayos na sila. Sa Section D muna ang punta nila para bawiin ang mga canned goods at noodles namin.

Naiwan ako, si Keifer, Yuri, si Josh, Mayo at Denzel. Pilit nila'ng tinatayo yung mga nasirang Tent. Mukang mapipilitang maki-share yung iba.

**"Gagana kaya yung plano ni Ci-N?"** Tanung ko.

**"Gagana yun... Si Ci-N pa."** Sagot sakin ni Denzel.

Nag-aalala ako. Baka kasi mahuli sila, malaking gulo yun pagnag-kataon. Ka-away pa naman namin ang mga Section D.

May ilang minuto din kaming naka-tanga dun. Tinitignan ko yung Hari at si Yuri. Nakatahimik lang naman sila, may pagkakataon na nag-uusap sila pero sandali'ng sandali lang.

*Bakit kasi ako pa?*

Kung hindi lang kaya ako ang babae sa Section E, magkaka-gusto pa rin kaya sila sakin? Siguro atleast isa sa kanila magkaka-gusto sa iba.

Hay... Nalulungkot tuloy ako. Nahihirapan ako sa sitwasyon nila. Kasalanan ko talaga to.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Mayo at naupo sya sa tabi ko. **"...kamusta pakiramdam mo?"**

**"Makirot pa rin kapag gumagalaw ako."**

**"May pain reliever si Josh dyan. Gusto mo?"** Alok nya sakin.

Umiling agad ako. **"Wag na... Mawawala din to."**

**"Tatag... Titiisin mo talaga yung sakit?"**

**"Oo naman... Parang hindi ako nakikipag-away dati."**

Nag-nod lang sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Tumahimik kami pareho sandali. Pakiramdam ko may gusto syang sabihin kaya sya lumapit sakin.

**"May problema ba?"** Tanung ko.

Nagpilit sya ng ngiti. **"Si Kit kasi..."**

**"Bakit?"**

Huminga sya ng malalim. **"Ayaw na kasi talaga nya. Dapat naba kong sumuko?"**

*Sakin pa talaga sya nagtanong.*

**"H-hindi ko alam. Ang hirap kasi ng sitwasyon nyo."** Naiilang kong sagot.

Huminga ulit sya ng malalim. Ramdam ko yung lungkot nya. Pakiramdam ko tuloy bagay talaga kaming magsama sa isang sulok.

Bakit ba kasi pareho silang lalaki? Bakit ba kasi yung mag-bestfriend yung nagka-gusto sakin?

**"Siguro..."** Panimula nya. **"...titigilan ko na sya..."** Ngumiti sya at tumingin sa malayo. **"...Tama na siguro."**

Ewan ko ba pero parang ang sakit sa kanya nung mga binitawan nyang salita. Kulang nalang umiyak sya sa harapan ko para makumpirma yung sakit na nararamdaman nya.

Nakarinig kami ng nagkaka-ingay. Agad kaming napatayo ni Mayo. Dumating sila, dala-dala ang mga kahon namin na puno ng canned goods at noodles.

Nagtatawanan pa sila at nag-aasaran. Nilapag nila sa harap ni Keifer yung mga kahon. Binuksan sila yun at tinignan kung may bawas na.

**"Kulang na... Mukang nanguha na sila."** Sabi ni Yuri.

**"Okay lang yan. At least nabawi na natin."** Sabi ni David.

**"Sa Section B naman tayo."** Masayang aya ni Ci-N.

Tuwa'ng tuwa siguro sya dahil gumana yung plano nya.

Muling umalis ang mga luko, dala na naman yung fishing rod kung saan nakasabit yung Ahas.

*Kawawa naman yung bestie ko.*

Sa pagkakataon na to, naiwan naman sila Kit at Eren. Inayos nila yung pagkakalagay ng mga kahon. Ginamit din nilang pangtakip yung mga sirang tent.

Tinignan ko si Mayo na nakatitig kay Kit. Kita ko sa kanya na gusto-gusto na nya'ng maka-usap yung taong mahal nya.

Nabigla ako ng makita'ng may tumulong luha sa isang mata nya. Agad nyang pinunasan yun.

**"S-sasama muna ako sakanila."** Paalam nya sakin at agad na sumunod kila Ci-N.

Binalik ko yung tingin ko kila Kit at nakita ko yang sinusundan ng tingin si Mayo. Tinapik ni Eren ang braso nya kaya agad syang bumalik sa ginagawa.

*Nakita kaya nya yung pagiyak ni Mayo?*

Naawa na ko sa kanila'ng dalawa. Sana naman mag-usap na sila ng maayos. Gustohin ko mang makialam sa kanila, hindi ko na magagawa. May sarili din akong problema.

At kasalukuyan silang nakatingin sakin.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 174

**Operation: Bawiin 2.0**

***Jay-jay's POV***

**"Mag-saing na kayo!"** Sigaw ni Felix habang naglalakad palapit samin.

Dala-dala na nila yung malaking timba na may bigas. Nabawi na rin nila.

*Nice! Rice!*

Isa nalang ang problema namin, yung sa Section A. Yung cooler namin na nilagyan nila ng alak. Sana pati sa kanila gumana din yung plano ni Ci-N.

Nagpahinga muna sandali sila David. Mukang napagod sa pagpapabalik-balik dito samin.

**"Sa Section A naman tayo."** Sabi ni Ci-N na mukang hyper na naman.

**"Teka lang naman!"** Reklamo ni Calix.

**"Magpahinga ka muna Ci-N! Masyado kang excited sa plano mo!"** Sita sa kanya ni Eman.

Naka-nguso namang naupo si Ci-N sa tabi ko. Kahit natatawa na rin sa kanya. Masyado sya'ng na-excite sa plano nya.

**"Hindi nyo ba napansin Snorlax ko?"** Tanung ko sa kanya.

Umiling sya. **"Sino namang Aning ang gusto'ng yumakap sa stop toy sa ganitong lugar?"** Sarkastiko nyang tanung.

Naningkit ang mata ko sa kanya. Ako yung *Aning* na yun. Kaya nga nagdala ako para merong kayakap. Kakahiya naman!

Tumayo sila David at inayos yung fishing rod. Nakita ko din na nagsitayo na yung iba. Dahan-dahan din akong tumayo para sumama sa kanila.

**"Sasama ako."** Sabi ko at tinignan nila ko.

**"No. Stay here and have rest."** Utos ni Keifer.

**"Kanina pa naman ako nakapag-pahinga."**

**"Kahit na Jay... Hindi basta-basta yung nangyari sayo kaya kailangan mong magpahinga."** Pilit ni Yuri.

**"Pero kasi---"**

**"Jay."** Maotoridad na tawag ni Keifer sa pangalan ko. **"...wag kana makipagtalo."**

**"Yung Snorlax ko nga. Kailangan kong bawiin yun."** Nakiki-usap na sabi ko sa kanya. **"...please."**

Napabuntong-hininga sya bago suklayin ang buhok. **"Fine."**

*YES!!*

**"...pero sasama ako."** Dagdag nya at tinignan yung mga Ulupong. **"...maiwan na yung iba sa inyo. Kami naman ang sasama."**

Nag-nod sila bilang pag-sang-ayon. Ako, si Ci-N, David, Felix, Yuri at Keifer ang lumakad papunta sa camping site ng Section A.

Sa magubat na parte kami dumaan. Kahit masakit ang katawan ko, tiniis kong lahat yun para lang mahanap si Snorlax ko.

Nagtago kami sa halamanan. Si Ci-N naman umakyat sa puno at pumwesto sa pinaka-matibay na sanga. Inabot ni David sa kanya ang fishing rod kung saan naka-sabit si *Bestie*.

**"Dun ka Keifer..."** Turo ni David sa hindi kalayuan sa amin. **"...back up ka namin. In case na mahuli kami."**

**"Tss."** Bored na sagot nya.

*Manung sumagot ng maayos!*

Naglakad naman sya dun sa tinuro ni David. Medyo malapit sya sa pwesto ng cooler.

**"Maiwan ka dito."** Sabi ni Felix kay Yuri. **"...bantayan mo si Jay-jay."**

Nag-nod si Yuri at tinignan ako tsaka ngumiti.

**"Dito tayo."** Sabi ni David kay Felix.

Naglakad sila papalapit sa cooler pero may kinuhang kaputol na halaman si Felix pang takip ata sa kanila.

Hinahanap ng mata ko yung Snorlax ko. Nanlaki ang mata ko ng makita kong yakap-yakap ni Ella yun.

*Hoy! Snorlax ko yan!*

**"Snorlax ko."** Sabi ko habang naka-turo kay Ella.

**"Ako na kukuha."** Sabi ni Yuri at naglakad palapit sa pwesto ni Ella

Tinignan ko sila David na mukang hinihintay si Ci-N. Nagsenyas sila sandali at ginawa na nila ang plano.

Inihagis ni Ci-N ang fishing rod na parang namimingwit. Saktong nalaglag yung Ahas sa pwesto nung mga babae'ng nagku-kwentuhan.

**"Aaaahhhhhhhhh!!!"** Malakas na sigaw nila na pinangungunahan ni----nino pa nga ba? Edi ni Freya!

Nagkagulo silang lahat. Maging mga kalalakihan hindi alam ang gagawin. Lalu na nang galaw-galawin ni Ci-N yung fishing rod. Nagmukang tumataas ang ulo nun at parang manunuklaw.

Habang natataranta ang lahat at naka-focus ang tingin sa Ahas. Kinuha ni David at Felix ang pagkakataon. Mabilis nilang hinatak ang cooler. Agad namang sumunod si Keifer sa kanila para tumulong.

Bumalik sila sa pwesto namin. Naghabol muna ng hangin ang tatlo. Tingin ko ay napagod sila dahil mabigat yung cooler.

Hinanap ko si Yuri at nakita kong dahan-dahan nyang kinukuha si Snorlax na nasa damuhan. Mukang naihagis yun ni Ella sa pagkagulat.

Nang makuha, tatakbo na sana si Yuri pabalik samin pero nahuli sya. Nahuli sya ni Ella! Para silang nag-usap sandali at nag-nod naman si Yuri bago tumakbo pabalik samin.

*Anung pinag-usapan nila?*

**"Nakuha ko."** Sabi nya sabay abot sakin ni Snorlax.

**"Snorlax ko!"** Sabay yakap ng mahigpit don.

Bigla nalang lumapit samin si Ci-N. Medyo pawis at parang namumutla sya.

**"Umalis na tayo!"** Sabi nya.

Napatingin kami sa fishing rod. Wala na yung Ahas. Ulo nalang yung natitira kay Bestie.

*Yung bestfriend ko!*

**"Mamaya na tayo mag-usap! Tara na!"** Aya ni David.

Mabilis kaming umalis at sa magubat na parte ulit kami dumaan. Medyo madilim sa totoo lang. Salamat sa liwanag ng buwan kaya nakikita pa namin yung dinadaanan kahit kaunti.

Hindi kami makagamit ng flashlight at baka mahuli kami.

**"Anu bang nangyari? Bakit ulo nalang natitira sa bestfriend ko?"** Tanung ko.

Bahagya'ng natawa si Ci-N. **"Edi yung pinsan mong malakas ang sapak! Bigla nalang hiniwa ng kutsilyo yung ulo ng Ahas! Syempre nabigla ako kaya hinatak ko pabalik!"**

Gulat kaming natigilan. Panu kung nakita nila? Shit baka mahuli kami!

**"Wag kayong mag-alala!"** Sabi nya samin habang nakataas ang dalawang kamay. **"...Akala nilang lahat tumalsik ang ulo sa kung saan!"**

**"Sigurado ka?"** Tanung ni Felix.

**"Oo naman!"** Mayabang nyang sagot.

**"Then throw that thing away!"** Inis na utos ni Keifer habang nakaturo sa ulo ng Ahas.

**"Sure kayo? Mawawalan ng remembrance si Jay-jay sa bestfriend nya."** Nangongonsensyang sagot nya.

Natawa naman sila Yuri sabay tingin sakin. Inirapan ko naman si Ci-N dahilan para lalu pa silang magtawanan.

Bumalik na kami sa camping site namin. Hindi talaga tinapon ni Ci yung ulo ng Ahas. Sinabit nya pa yun malapit sa bonfire.

"*Nice! Kanina pa ko nauuhaw!*"

"*Painom-painom!*"

"*Bakit may San Mig dito?*"

Nagkakagulo sila habang nakapa-ikot sa cooler. Naupo naman ako malapit sa tent ko habang mahigpit na nakayakap kay Snorlax.

**"Mamaya na yan! Kumain na muna tayo!"** Sabi ni Eman.

Nakita kong may sinaing na. Nakahanda na rin yung ulam namin for tonight. HAM!

*HAMpas ang talong sa bagoong!*

Nahihiya ako kay Eman. Hindi ko kasi sya matulungan sa paghahanda ng kakainin namin. Wala pa namang saysay tong mga to.

Medyo gumaan lang pakiramdam ko ng makita ko si Josh na tinutulungan sya.

*Weird.*

Kung dati nakaka-kilabot si Josh, ngayon parang nakaka-inis na sya. Simula kasi nung nag-away-away sila, laging masama ang tingin nya sakin. Sa bawat tingin nya, parang sinasabi na '*Kasalanan mo tong lahat!*'.

Hindi ko na naman sya magawang kausapin. Baka maulit lang yung nangyari dati na nagsagutan kami.

May bigla nalang nag-abot ng plato na pagkain sakin. Napataas ang tingin ko para tignan yung may-ari ng kamay.

*Keifer kumag.*

**"Eat."** Utos nya.

Kahit labag sa loob ko dahil wala akong gana, kinuha ko pa rin. Sure akong makikipagtalo lang tong isa na to masunod lang yung gusto nya.

Naupo sya sa tabi ko habang hawak ang plato nya.

**"Aanu ka dito?"** Takang tanung ko.

Parang nainis sya sa sinabi ko at tinignan ako ng masama.

**"You're seriously asking me '*kung aanu ako*'?"**

Dahan-dahan naman akong nag-nod. Feeling ko may mali akong nasabi.

**"Am i not allowed to eat beside you?"** Sarkastikong tanung nya.

*Ooohh... Yun pala yun!*

**"H-hindi naman s-sa ganun..."** Sagot ko at awtomatiko akong napatingin kay Yuri.

Naka-higa sya sa kinabit nilang duyan----na dala nya----at nakatingin samin.

Kusa din syang umiwas at pumikit nalang habang nakapatong ang braso sa noo nya.

**"If you don't want me here. Just say so."** Sabi ni Keifer.

Bigla naman akong nasaktan sa sinabi nya. Hindi kasi sa ganun. Agad ko syang hinawakan sa braso nung tatangkain na nyang umalis.

**"H-hindi... A-anu ka b-ba?"** Pilit na ngiti kong sabi. **"...kumain na tayo! Dami mong arte!"**

Wala syang reaksyon na kumain. Sinabayan ko naman sya kahit sa totoo lang naiilang ako. Napapansin ko kasi yung iba na tumitingin samin.

Para bang napakalaki'ng kasalanan na kumain ako kasabay yung Hari ng mga Ulupong. Parusa ang bawat pag-nguya at paglunok ko. Kumikirot kasi yung gilid ng labi ko. Kasabay nun ang pagkirot ng lalamunan ko.

Buti nga kahit papanu nakakakain ako. Nung pinagtulungan ako ng Section D dati, kahit laway ko ayaw tanggapin ng tyan ko.

**"Oi! Mga panget!"** Sigaw ni Felix pero walang tumingin sa kanya maliban sakin.

*Panget ako?!*

**"Mga panget!"** Sigaw ulit nya.

**"Ikaw lang pangit dito!"** Sagot ni Ci-N sa kanya.

**"Mga gwapo!"** Sigaw na naman nya pero sa pagkakataon na to marami na ang sumagot.

**"BAKIT?!"** Sabay sabay nilang sigaw.

*Kepel nemen!*

**"Titigas ng muka nyo!"** Inis na sabi ni Felix. **"...Sira yun tent nung iba kaya kailangang mag-share!"**

"*Ay oo nga!*"

"*Share tayo!*"

"*Sayo nalang ako makiki-share.*"

"*Share tayo tapos yayakapin kita!*"

"*Ulowl! Bakla!*"

Malakas na tawanan ang narinig ko sa kanila. Gustohin ko mang makitawa hindi ko magawa. Awtomatiko akong napatingin kay Kit. Malungkot ang muka nya habang patuloy sa pagkain.

Yung bagay na iniiyakan nya, ginagawa lang katatawan ng iba. Para sakin mahirap din yun. Mabigat sa kalooban.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Ci-N. **"...Sayo ako makiki-share."**

**"Sige lang..."** Bored kong sagot.

**"No."** Maotoridad na sabi ni Keifer.

Pare-pareho kaming natigilan. Kahit yung ibang nagtatawanan, tumahimik din. Si Yuri na nakapikit kanina ay dumilat at tumingin samin.

**"O-okay lang naman s-sakin. Nagkasama na kami ni Ci-N sa kwarto dati."** Paliwanag ko.

**"Jay... Your room is wide and your tent is not."** Tinignan nya ko ng seryoso. **"...babae ka at lalaki pa rin si Ci-N."**

Ang dumi naman ng utak nito. *Pakilinis please!*

**"Eh anu? Hindi naman iba sakin si Ci-N."** May halong inis sa boses ko.

Ang totoo nami-miss ko na rin yung bonding namin ni Ci tuwing gabi. Gusto ko din sanang marinig ang kwento nya tungkol sa tinitirhan nya.

**"No. No one will share a tent with you----except me, of course."**

*Ay busit!*

Gagalitin ako nitong lalaki na to. No one will share? Tapos sya pwede. Ang tindi mo brad!

**"Excuse me."** Sabi ni Yuri at umayos ng upo sa duyan. **"...Hindi porket may relasyon kayo ni Jay, ay pwede na kayong magsama sa tent."** Tumayo sya at bahagya'ng naglakad palapit samin. **"...No one is allowed to share a tent with her. Ang panget naman yata kung magsasama ang isang babae at lalaki sa tent."**

*Ano?!*

Tumayo si Keifer at parang naghahamon ang tingin nya kay Yuri. Hala! Kala ko ba magkasundo sila? Bakit parang may tensyon na naman?

**"Fine. Jay-jay will sleep alone on her tent."** Seryosong sagot ni Keifer.

**"Bakit hindi nyo nalang hayaan si Jay-jay na magdeside?"** Suggestion ni David at tumingin sila sakin.

*Bakit ako?!*

Kapag namali ako ng sasabihin baka bigla nalang silang magrambulan dito. Tinignan ko si Keifer at Yuri. Ganun din yung iba.

**"Si Ci-N nalang siguro."** Mahina kong sagot. **"...k-kung okay lang."**

Huminga ng malalim si Keifer. **"Fine. That's what you want."**

**"Okay lang."** Sagot ni Yuri.

Ayoko sana pero kasi... Nagmamaka-awa yung tingin ni Ci-N. Walang syang ka-share ng tent. Sinira din kasi yung tent nya.

Pagkatapos kumain, inayos nila yung mga pinagkainan namin. Sila Calix at Eren ang naghugas. Dahil malayo ang banyo, nagtoothbrush nalang yung iba at natulog na.

Pinili kong pumunta ng banyo. Gusto ko din kasi makita yung itsura ko sa salamin. Nagpasama ako kay Ci-N na busy sa paglalaro ng bato.

**"Umayos ka nga."** Sita ko sa kanya matapos sipain ang bato at muntik pang maka-tama.

**"Bakit?"**

**"Bakit ka dyan!"**

Hindi nya ko pinansin at nagtuloy lang sa paglalakad. May nga kasabay kami na taga-ibang Section. Kanya-kanya sila ng kwentuhan.

"*Grabe! May Ahas pala dito.*"

"*Oo nga! May napunta nga din samin.*"

"*Samin din!*"

"*Samin wala.*"

Nagtinginan kami ni Ci-N at halos pigilin namin ang paghinga para lang hindi kami matawa.

*Kung alam nyo lang!*

**"Rakki!"** Sigaw ni Ci-N habang kumakaway. **"...mi'loves!"**

Salubong ang kilay ni Rakki na lumapit samin at aambaan ng batok si Ci-N. Pinagtinginan din kasi kami dahil sa ginawa nya.

**"Ingay mo!"** Inis na sabi nya pero tinawanan lang sya ni Ci.

Tumingin sya sakin kaya agad ko syang nginitian. **"Hi."**

Tinignan nya ko at parang sinusuri ang muka ko. **"Pasa ba yan?"**

Bahagya akong umiwas para hindi nya makita ng maayos. Hindi rin sakto ang ilaw sa pwesto namin kaya alam kong hindi nya makikita ng maayos.

Tinignan ni Rakki ng masama si Ci-N. **"Sinasaktan nyo ba si Jay-jay?"**

**"Hindi ah! Kami pa nga sinasaktan nya!"** Dipensa agad nya.

**"Kapag nalaman kong sinaktan nyo si Jay. Yari kayo sakin!"** Banta nya at humarap sakin sabay ngiti. **"...sabay na tayo sa C.R."**

Dahan-dahan naman akong nag-nod. Hindi naman kasi ako pwedeng samahan ng bata'ng kumag sa loob ng banyo. Ngumiti sakin si Ci at sumenyas na hihintayin nya ko.

Lagaslas ng tubig galing sa shower ang umaalingawngaw sa C.R. Kasabay din non ang tawanan at kwentuhan ng ibang Section.

*Bestfriend ko ang kanilang topic!*

**"May Ahas din ba don sa site nyo? Samin wala."** Tanung Rakki at pumwesto sa harap ng lababo.

**"M-meron."** Halos pabulong kong sagot.

Samin naman kasi talaga nagpakita yung bestfriend ko. Tapos ginamit lang namin sa sya. *Hehe!*

Humarap ako sa salamin at mula sa pwesto ko, kita'ng kita ko ang pasa sa gilid ng labi ko. Pati yung marka sa leeg ko na sinakal ni Cyrus nakikita ko din.

**"Tama nga ako. Pasa nga yan."** Sabi ni Rakki at pinagmasdan ang muka ko. **"...may nanakit ba sayo?"**

Umiling ako. **"W-wala... Anu y-yan... Tumama nung nagkakagulo kami dahil sa Ahas."**

Halata'ng ayaw nyang tanggapin yung dahilan ko. Kayalang wala syang nagawa kaya nag-nod nalang sya. Nag-lagay sya ng toothpaste sa toothbrush nya at sinumulang magsipilyo.

Sandali kong tinignan yung mga nag-shower na babae. Ang i-ingay kasi nila at panay ang kwentuhan. Kahit gustong-gusto ko na silang sigawan hindi ko na ginawa. Nag-sipilyo nalang ako.

Pagkatapos nun, hinintay namin pareho ni Rakki na magkaroon ng bakante sa shower room. Medyo matagal dahil puro arte pa yung mga nag-sh-shower.

Pagpasok sa loob, mabilisan lang ang ginawa ko dahil alam kong naghihintay si Ci-N sa labas. Baka bigla nalang mainis sakin yun.

**"...Grabe yung Ahas kanina."** Dinig kong sabi sa labas ng cubicle ng shower. **"...Buti nalang ang galing ni Aries."**

Pamilyar sakin yung boses nung nagsasalita. Hindi ako sigurado pero pakiramdam ko si----

**"Towel mo Mica! Nalaglag na."**

*Boses ni Ella!*

Bakit ganun? Yung kay Ella nakilala ko, yung kay Mica hindi. Ganun yata talaga kapag kinaiinisan mo.

Sandali pa silang nag-usap. Tinuloy ko naman yung pagsho-shower ko. Malapit na kong matapos ng marinig ko ulit sila at sa hindi ko maintindihan na dahilan, bigla nalang akong kinutuban.

**"...Sure kaba dyan? Hindi ba magagalit si Aries?"** Tanung ni Mica.

**"Hindi ko alam. Pero sure naman akong maiintindihan nya."**

**"Pero kasi... Tapos na yun. Hindi mo na dapat ungkatin pa."**

Dinig ko ang pagbuntong hininga ni Ella. **"Yuri deserve to know the truth."**

*Yuri? Truth?*

**"Kelan kayo magkikita?"** Tanung ulit ni Mica

**"Hindi pa ko sigurado pero sinabi ko sa kanya na hintayin nya."**

Nag-uusap sila? Anung truth yun? Bakit kailangan pa nilang magkita? Naguguluhan ako.

Hindi ko na sila narinig pang nag-uusap. Bahagya akong sumilip sa pinto ng cubicle. Wala na sila sa harap ng salamin.

Lumabas ako agad at kinuha ang mga dala ko. Sakto naman labas din ni Rakki sa cubicle. Tinignan nya ko at bigla nalang nagsalubong ang kilay nya.

**"Hala! Bakit namumula ang leeg mo?"** Nag-aalalang tanung nya.

Napatingin samin ang ibang tao. Binalot ko naman agad ng towel ang leeg ko.

**"W-wala to."** Sagot ko at lumakad na palabas ng C.R.

Kasunod ko lang si Rakki at ng makalayo kami, agad nya kong hinawakan sa braso at hinarap sa kanya.

Galit ang mga tingin nya. **"Si Keifer may gawa nyan no?!"**

**"Hindi."** Mabilis kong sagot.

**"Jay... Hindi mo kailangang itago sakin. Alam ko ng may relasyon kayo ni Keifer."** Tumingin sya sa paligid para tignan kung may ibang tao.

**"...kaya kung sinaktan ka nya sabihin mo."**

**"Hindi si Keifer may gawa nito. Oo, may nanakit sakin pero hindi sya."** Napakamot ako sa ulo. **"...Bakit mo naman naisip na si Keifer ang may gawa nito?"**

Huminga sya ng malalim. **"Dahil ginawa na nya yan. Seloso yung sira ulo na yun!"**

Bigla nalang bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko masabi kung kinakabahan ako.

**"G-ginawa? Kanino?"**

Umiwas sya ng tingin sakin. Alam kong ayaw nyang sabihin. Pero kagaya din sya ni Ci-N kaya alam kong hindi din sya makakatiis.

**"K-kay... Kay Freya."**

*Kay Freya?*

Shit! Naging sila nga pala ni Freya. Pero parang ang hirap maniwala na magagawa nga ni Keifer.

Sandali akong natahimik at napa-isip. Nung halikan ko si Yuri sa gilid ng room namin, hinawakan nya ko sa panga nun. Natakot ako sa kanya at akala ko kaya nya kong saktan. Siguro, kaya nga nya.

*Pero ang hirap pa ring maniwala.*

**"...Nag-papasaway na din kasi si Freya nun. Kaya siguro ganun na din ang nagawa ni Keifer."** Dagdag pa nya.

Pero kahit na, hindi pa rin sapat na dahilan yun. Kahit naman mukang coloring book si Freya, babae pa rin sya muka nga lang paa.

**"Hoy! Andyan na pala kayo!"** Sigaw samin ni Ci-N habang tumatakbo palapit.

*Nawala sya sa isip ko.*

**"Kanina ko pa kayo inaantay dun."** Sabi nya at sandaling naghabol ng hangin.

**"Wala ka naman kaya dun."** Inis na sagot ni Rakki.

**"Bulag ka lang ng pagmamahal mo sakin kaya hindi mo ko nakita."**

**"Maliit ka kasi kaya mahirap kang makita."**

Inis namang tinignan ni Ci si Rakki. **"Tatangkad din ako! At pagtangkad ko, papakasal na tayo!"**

Panandaliang nawala ang iniisip ko dahil sa ingay nilang dalawa. Sobrang dilim na at naririnig ko na ding nagtatawag ang mga organizer.

**"Tara na Ci. Bukas nyo nalang tuloy ang usapang kasal na yan."** Yaya ko sa kanya.

**"Mabuti pa nga pero bago yun... I will kiss the bride."** Sabi nya at mabilis na hinalikan si Rakki sa labi.

*La!*

Kung maliwanag pa, baka nakita ko ang pamumula ni Rakki. Natigilan din kasi sya at nakatakbo na si Ci bago pa sya maka-recover.

**"Hinayupak ka!"** Inis na sigaw ni Rakki.

Natawa nalang ako habang napapailing. **"Balik na kami dun. Good night."**

**"Sige. Good night. Pakibatukan nalang si Ci-N para sakin."** Paki-usap nya.

Naglakad na kami sa magkaibang direksyon. Nakita ko si Ci na nagtatago sa likod ng puno at halata'ng kinikilig sa ginagawa.

**"Baliw."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 175

**N/A:** Kasi nga wala edit.

**Tray**

***Jay-jay's POV***

Maaga ako nagising. Hindi dahil maganda ang tulog ko kundi dahil may sumampal sakin.

*Tsakit!*

Sa sobrang likot ni Ci-N matulog, nasampal nya ko ng hindi sadya. Gustuhin ko man syang gantihan hindi ko na ginawa. Baka magkapasa sya sa lakas ng igaganti ko sa kanya!

Bumangon nalang ako at sumilip sa labas ng tent.

Sobrang tahimik at wala pa kong naririnig na gumagalaw. Tanging huni lang ng ibon at galaw ng dahon ang naririnig ko.

Lumabas ako ng tent at nag-inat---na sana hindi ko ginawa. Kumirot kasi katawan ko lalu na yung mga parteng nabugbog. Sandali akong nagpahinga bago kuhanin ang toothbrush ko at kumuha na rin ako ng tubig para maghilamos.

Hindi na ko nagpunta ng C.R dahil sobrang layo. Hastle naman at hilamos lang naman ang gagawin. Mamaya pa naman ako maliligo.

Habang nag-sisipilyo nakita ko'ng gumalaw yung duyan ni Yuri. Meron kasing nakahiga don at balot na balot ng kumot.

*Teka!*

Dun kaya natulog si Yuri? Sandali ko pang pinagmasdan yun at tumama nga ang hinala ko ng bumangon ang nakahiga.

Pupungas-pungas na tumingin sakin si Yuri. *Bakit ang gwapo pa rin nya kahit bagong gising?*

**"Good morning."** Bati ko sa kanya.

Sa halip na sagutin tinitigan nya ko na para bang kinikilala ako. Meron syang kinuha sa gilid nya. *Yung salamin nya!* Sinuot nya yun at tinignan ako ulit.

**"Ikaw pala yan."** Sabi nya at ngumiti. **"...Good morning."**

Gusto ko din sana syang ngitian pero para'ng ayaw ng labi ko na gawin yun. Nahihiya ako sa kanya, sobra! Pinipilit kong ayusin yung natitira samin pero parang hindi ko na magawa.

Bumaba sya sa duyan nya at kinuha ang toothbrush nya sa bag. Lumapit sya sakin at kumuha ng tubig sa jog sa tabi ko.

**"Sorry... Hindi kita nakilala."** Sabi nya at sinimulang mag-sipilyo.

**"Okay lang... Bakit nagsalamin ka ulit?"** Tanung ko.

Ayoko namang tuluyang ilayo ang loob ko sa kanya. May utang na loob din ako sa kanya kung tutuusin. Ang pangit naman yata kung babaliwalain ko yun dahil sa sitwasyon namin.

**"Hinuhubad ko yung contacts ko bago matulog. Wala ako makita ng maayos kaya... eto muna."** Sabi nya habang nakaturo sa salamin nya.

Nag-nod naman ako. Mahirap kayang magsalamin? Pero mas mahirap yata kung malabo ang mata. Malabo ang paligid.

**"Kinakamusta pala tayo ng parents ko."** Biglang sabi nya dahilan para matigilan ako.

Sandali kong tinignan ang paligid. Baka kasi may makarinig samin at paniguradong usap o away na naman.

**"A-anung sabi mo?"**

Ngumiti sya sakin. **"Sabi ko, okay lang."**

*Pero hindi tayo Okay.*

**"Y-yuri----"**

**"Don't say it."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...I know you'll ask to stop the engagement."**

Hindi ako nakatingin sa kanya. Ganun ba ko obvious? Hindi ko kasi maintindihan kung bakit kailangan pa ring ituloy.

Tinapos ko na yung pagsisipilyo ko at agad na bumalik sa tent ko. Gising na si Ci-N na pupungas-pungas pang ngumiti sakin.

*May bangas pa.*

**"Aga mo naman nagising."** Sabi nya.

**"Sampalin ka ba naman habang natutulog. Tignan ko lang kung hindi ka magising."** Bulong habang nangunguha ng damit sa bag.

**"Ha?"**

**"Wala."**

Inilagay ko muna sa tabi yung damit ko. Maliligo kasi agad ako pagkatapos mag-almusal. Pero mamaya pa yun dahil tulog pa si Eman.

Lumabas ako ng tent at nakita kong gising na rin yung iba. Dumaan si Josh sa harap ko at ewan ko ba pero parang may iba sa tingin nya sakin.

Sinundan ko naman sya ng tingin.

*Problema nito?*

Nakita kong kumukuha ng mga maliit na putol na sanga si Felix. Mukang gagamitin yung pang-gatong. Agad akong lumapit sa kanya at tinulungan sya.

**"Aga mo ah?"** Puna nya sakin.

**"Para makarami agad."** Nakangiti kong sagot.

**"Kayalang tulog pa yung taga-luto natin."** Natatawa nyang sabi.

Tinawanan ko lang din sya. Walang makaka-kain samin hangat hindi nagigising si Eman. Sya lang kasi masarap mag-luto saming lahat.

Nagpapaturo ako dati kay Eman pero tumigil din ako. Lakas kasi ng hampas nya sa kamay ko nung minsang magkamali ako ng hawak ng kutsilyo.

Hawak pa lang sa kutsilyo yun ah!

**"Felix! Jay-jay!"** Tawag samin ng kung sino.

Sabay kaming lumingon at nakita namin si Rory na kumakay samin. Naglakad kami palapit sa kanila. Gising na ang lahat at mukang may seryosong pag-uusapan.

**"Kompleto na?"** Tanung ni Edrix.

Nagtinginan naman kaming lahat. Nang masigurong kumpleto, halos sabay-sabay pa silang sumagot ng '*oo*'.

**"Okay... Maaga tayong mag-aayos. 9am ang start ng program para sa retreat. Lunch ng 12pm tapos 1:30pm naman yung recreational acticvity."** Paliwanag ni Rory. **"...pero hindi tayo kasali dun."**

Halos pare-pareho kami ng reaksyon dahil sa sinabi nya. Panung hindi kasali? Eh umaano kami dito kung hindi kami kasali? Pampagulo?

**"Anu? Bakit?"** Tanung ko.

**"Panu nangyari yun?"** Tanung ni Denzel.

Bahahya'ng natawa si Rory. **"Para naman kayong bago ng bago."** Nagkamot pa sya ng ulo. **"...malamang hindi naman talaga tayo kabilang. Si Sir Alvin nga lang ang dahilan kung bakit tayo nandito."**

**"Aanu tayo nyan?"** Inis na tanung ni Blaster.

Kahit ako nagsisimula na ding mainis. Display lang yata kami dito o kaya masabi lang na '*lahat*' ng Fourth year kasali.

**"Yung program ng 9am, kasali pa rin tayo don. Kakain tayo ng lunch tapos after nun, magsyesta nalang tayo."** Paliwanag ni Rory.

**"Boring."** Bored na sabi ni Calix.

**"Edi samahan mo yung girlfriend mo dun."** Suggestion ni Ci-N kay Calix.

**"Kung pwede lang bakit hindi."**

Ang boring naman kasi talaga. Mag-syesta? Ang haba-haba na nga ng tulog namin sa gabi tapos magsyesta pa.

**"Wala naman tayong pwedeng gawin."** Sabi ni Eman habang nagbubukas ng dalawang pack ng hotdog. **"...Hindi na tayo pwedeng lumabas. Makakagalitan na tayo."**

**"Gusto nyo magswiming?"** Wala sa sarili kong tanung kaya nagtinginan sila sakin.

Ang totoo, marami pa rin akong alam sa lugar na to kahit matagal na nung huli akong tumambay dito.

**"May pool ba dito?"** Tanung ni Ci.

Umiling ako. **"Maliit na falls at ilog meron."**

Parang nabuhayan ang mga luko at naglapitan sakin. Kita'ng kita din ang interes nila sa sinasabi ko.

"*Meron? Dun nalang tayo.*"

"*Teka lang! Baka hindi tayo payagan ng organizer.*"

"*Wag natin ipaalam!*"

"*Malayo ba dito yun?*"

"*Swiming nalang tayo!*"

**"Pwede tayong pumunta dun kung gusto nyo. Pero masukal nga lang ang dadaanan."** Sabi ko.

Kita ko ang interes sa kanilang lahat except kay Keifer na naghihikab pa, kay Yuri na nakangiti sakin at kay Josh na parang walang pakialam.

**"Okay lang! Basta dun nalang tayo!"** Excited na sabi ni Ci-N.

**"Mamaya na natin pag-usapan yan!"** Sabi ni Eman at tumingin sakin. **"...tulungan mo na ko dito."**

Agad naman akong lumapit sa kanya para tulungan sya sa pagluluto ng almusal. Dalawang pack ng hotdog, limang pack ng bacon at isang dosenang itlog ang hinanda nya. Nagsangag din sya ng kanin na natira sa pagkain kagabi.

Busy naman sa pagkakape yung iba habang naghihintay. Feeling ko hindi na aabot yung mga dala naming pagkain sa dami namin at sa lakas na ring lumamon.

*Lamon talaga!*

Pagkatapos magluto pinakain na namin ang mga luko. Halata'ng excited ang bata'ng kumag sa swiming. Umaarte pa kasi ang kamay nya na parang lumalangoy.

*Sige lang. Langoy pa!*

Hindi nga lang ako sigurado kung andun pa rin yung daanan na lagi naming ginagamit. Nadevelop na kasi yung lugar kaya baka nawala na.

Pagkatapos kumain kanya-kanya sila ng takbo sa C.R. Sure kasing marami silang kasabay at mag-aagawan pa sila. Ako, eto petiks. Kaunting antay lang kasi makakapaligo na ko.

Hindi naman ako nabigo dahil pagdating dun kaunti lang ang nakasabay ko sa banyo. Habang inaayos yung dala kong damit at twalya meron akong bigla'ng naisip.

*Yung sinasabi ni Ella.*

Anu kaya'ng truth yun? Tungkol kaya saan yun? Nangungulit yung mga bulate ko sa utak na alamin yung sinasabi ni Ella na yun.

Anu ba kasi yun? At kelan naman sila nakapag-usap? Sa pagkaka-alam ko, hindi na lumalapit si Ella kila Keifer at Yuri maliban nalang kagabi----*shit! Oo nga!*

Nung kinuha ni Yuri si Snorlax. Meron sinabi si Ella at parang nag-nod naman si Yuri. Hindi kaya ayun yon? Segway!

Anu ba yan! Hindi ako mapakali sa lintik na *truth* na yan! Kapag eto walang saysay, sasabunutan ko yang Ella na yan. Kasihodang mag-away kami ni Aries.

Tinuloy ko na ang paliligo. Dumarami na kasi yung tao'ng naririnig kong pumapasok sa C.R. Mabilis naman akong natapos kaya agad din akong umalis.

Pagbalik sa site, kaunti pa lang sila. Wala pa yung iba at mukang matatagalan pa.

**"Mag-ayos ka na Jay! Mauna na tayo don!"** Sabi ni Eman.

Nag-nod ako sa kanya at dumiretso na sa tent ko. Binaba ko na yung dala ko at nag-ayos. Pagkatapos, lumapit na ko kay Eman at Edrix na naghihintay sakin.

**"Panu yung iba?"** Tanung ko habang naglalakad.

**"Susunod yung mga yon. Sa dulo naman upuan natin kaya makikita din nila tayo agad."** Sabi ni Eman.

Nagtuloy kami sa paglalakad at nakarating na kami sa hall. Totoo yung sinabi ni Eman na nasa dulo nga ang pwesto namin.

Ang laki ng sign na '*SECTION E!*' sa katapat na linya ng bangko kaya hindi talaga kami maliligaw. Pag-upo namin, dumating naman sila Josh at Mayo kasunod si Ci-N na agad tumabi sakin.

Maya-maya pa ay dumating na yung iba. Kumpleto na kami at nakaharap sa stage kung saan nakatayo yung isa sa organizer.

**"Good morning everyone!"** Bati nya.

**"Good morning!"** Sagot naman ng lahat.

Ngumiti sya at tumingin saming lahat. **"We would like to start na program with prayers. So please, everyone! Stand up."**

Agad naman kaming nagtayuan. Nagsimulang magdasal ang isa sa mga kabatch namin sa harap ng mic. Pagkatapos nun ay muli kaming naupo at nakinig sa sasabihin ng organizer.

**"Thank you so much for... *Blah blah blah....*"**

Sa hindi ko maintindihan na dahilan nakaramdam ako ng antok habang nakikinig sa sinasabi ng organizer. Panay ang hikab ko at punas ng mata dahil sa pagluluha nito.

Sandali kong sinandal ang ulo ko sa balikat ni Ci-N. Hindi naman sya pumalag at hinayaan lang ako. Unti-unti ay bumabagsak ang talukap ng mata ko. Sobrang nakaka-antok kasi.

Hindi ko namalayan nakatulog na pala ako. Hanggang panaginip ay may naririnig pa rin ako. Parang mga bubuyog na nasa loob ng bote.

**"Jay..."** Tawag sakin ng kung sino.

Hindi ako sumagot. Hindi kasi ako sigurado kung nanaginip pa rin ako. Nawala yung tumatawag at bigla nalang akong nakarinig ng palakpak.

*Hala! Tapos na!*

May nagpapalakpakan na kaya ibig sabihin tapos na. Agad akong dumilat at nakipalakpak. Yun nga lang pagdilat ko hindi nagpapalakpakan ang nakita ko.

Hininto ko ang palakpak at tinignan ang paligid. Nagtatayuan na yung mga kabatch namin. Tinignan ko si Ci-N nasa tabi ko at panay ang hagikgik nya.

**"Nice! Jay!"** Sabi ni Drew habang tumatawa.

*Pakshet!*

Napagtripan na naman ako! Bwisit yan! Muka akong tanga na pumapalakpak mag-isa. Tinignan ko silang lahat ng masama.

**"Sarap ng tulog ah? Mukang napuyat."** Panunukso ni Felix at agad silang tumingin sa katabi ko.

**"Pinagod mo ata kagabi."** Pang-aasar ni Eren kay Ci-N.

*Mga gago! Animal!*

**"Napagod nga."** Walang malisya'ng sagot ni Ci at agad silang tumahimik.

Tumingin sila sakin at pagkatapos ay kay Keifer. Kahit hindi sila magsalita alam kong ibig nilang sabihin. Ang dudumi ng mga utak nila! Tumingin din ako sa Hari at salubong na ang kilay nito at halata ding handa ng manapak ng tao.

**"...haba kaya ng kwentuhan namin. Tapos kung anu-anu pa pinag-usapan namin."** Duktong ni Ci-N at parang nakahinga naman ng maluwag ang mga Ulupong.

*Green minded kasi!*

**"Akala namin kung anu na ginawa mo."** Natatawang sabi ni Blaster.

**"Enough. Let's eat."** Sabi ni Keifer at agad na tumayo.

Sumunod naman sa kanya yung iba. Merong mahabang pila sa harapan kung nasan ang pagkain.

**"Lunch na pala?"** Tanung ko kay Ci-N.

Nag-nod naman sya. **"Himbing ng tulog mo. Nahiya na kami gisingin ka."**

*Wew.*

Pumila na rin kami para pananghalian. Buti nalang at mukang maraming nakahandang pagkain para saming lahat.

Hindi kagaya kahapon na tira-tira nalang yung natira para samin. Inabutan ako ng tray ni Ci. Merong kurba-kurba yung tray kasi dun na mismo ilalagay yung pagkain.

Pagkatapos manguha ng pagkain, dumiretso na kami sa pwesto namin kanina pero kung mamalasin nga naman, may bumungo sakin at muntik pang matapon yung pagkain ko.

**"Sayang, hindi natapon."** Dinig kong bulong nung bumunggo sakin.

Tinignan ko sya ng masama at lalu akong nanggalaiti sa inis ng makita ko kung sino sya.

**"Freya... Wag kang gumawa ng eksena."** Pagbabawal ni Mica nasa likod lang ni Freya kasama ng mga kaklase nya.

**"Shut it Mica!"** Sigaw sa kanya nito at muli akong hinarap. **"...so, anu tong nabalitaan ko? Kayo na daw ni..."** Tumingin sya kay Keifer na nakatayo sa hindi kalayuan samin. **"...what a great choice!"**

*Eksena na naman! Badtrip!*

**"Ayoko ng gulo Freya."** Mahinahon kong sabi pero may diin pa rin.

**"Oh really?!"** Sarkastikong tanung nya. **"...panu ba yan? Gulo ang gusto ko."**

**"Freya! Please..."** Pakiusap ni Mica.

Hindi sya pinansin ni Freya. Nakita ko si Ella na nasa tabi din ni Mica. Nakangiti sya na may halong pang-aasar. Bumalik ang tingin ko kay Freya at bigla nalang akong kinutuban.

*Sinasadya ba nila to?*

**"Freya."**

**"Feeling mo naman ang ganda-ganda mo na."** Maarteng sabi nya sakin habang tinitignan ako mula ulo hangang paa.

**"Tumigil kana Freya!"** Sita ni Yuri kaya sa kanya lumipat ang matalim na tingin nito.

**"Shut up! Don't you dare interupt me when i'm talking!"** Galit na sabi ni Freya.

Hindi na sumagot si Yuri. Napatingin ako sa kanya at aaminin ko na nabigla ako na hindi na sya lumaban pa.

**"Akala mo ba wala akong alam sa inyo?!"** Nagpabalik-balik ang tingin nya sakin at kay Yuri.

*Shit!*

Bakit pati yun alam nya? Tignan ko si Ella na naka-cross arm pa. Sinabi nya ba?

Natatakot ako na baka ipag-sigawan na yun. Napakarami pa namang tao ang nakatingin samin.

Sinubukan kong lumakad paalis pero malakas talaga ang topak nitong Freya. Hinawakan nya ko sa braso dahilan para malaglag ng tuluyan yung Tray na hawak ko.

*Yung pagkain ko!*

Tinabig ko yung kamay nya at agad syang tinignan ng masama. **"Anu bang problema mo?!"**

**"Ikaw! Dahil napakalandi mo!"**

**"Hiya'ng hiya naman ako sayo!"**

**"Ha!"** Sinabayan nya yung tingin ko.

**"Pwedeng tumigil kana Freya!"** Inis na sabi ni Felix.

Tinignan sya ni Freya. **"Bakit ganyan ka makipag-usap sakin? Your brother won't like it."**

*Brother?! Si P-percy ba yung tinutukoy nya?*

Bakit nasama si Percy dito? Anung meron? Alam din ba nyang buhay si Percy?

**"Matagal ng wala si Percy! Matagal na kayong wala!"** Sagot ni Felix.

Matagal ng wala?!

'*...namatay yung boyfriend ni Freya at pinagpasa-pasahan na sya nila Keifer, Yuri at Aries.*' ---Kiko Evans (Chapter 135, Unexpected Visitor)

PUTAN'NA! SI PERCY YUN! Si Percy yung namatay na boyfriend ni Freya. Pakshit! Tumalon yung bulate ko sa utak sa pagkabigla.

**"S-si Percy?"** Pabulong ko tanung pero mukang narinig yun ni Freya.

**"So you know him too?"** Inis na tanung nya. **"...Let me guess, sinabi ng mga *kaibigan* mo?"** May diin yung salitang kaibigan nya.

Si Percy nga. Pero anung nangyari? Bakit napunta sya kay Keifer at Yuri? Alam din nila yun kaya panu nangyari yun? Sinadya ba nilang gawin yun? Naguguluhan ako.

Tinignan ko si Yuri at Keifer pareho silang umiwas ng tingin at halata'ng ayaw ma-question tungkol don.

**"Sinabi din ba sayo ng mga *kaibigan* mo yung ginawa nila sakin?"** Inis na tanung ni Freya at tumingin ng masama sa dalawa.

*Ginawa?*

**"Tama na Freya."** Sabi ko pero halata'ng ayaw nya'ng magpa-awat.

**"Bakit? Ayaw mo'ng marinig ng iba?!"**

**"Anu bang gusto mo?!"**

Nag-uumpisa ng magkuyom ang kamao ko. Kapag hindi tumigil ang isa'ng to baka masapak ko sya.

Nag-cross arm sya at diretso akong tinignan. **"Gusto kong makita ang magiging reaksyon mo kapag nalaman mo kung anung ginawa ng dalawang yan sakin."**

Kahit gusto kong malaman parang hindi ko kaya. Sumisikip ang dibdib ko at malaki'ng bahagi ng pag-iisip ko ang nagsasabi na wag ko ng alamin pa.

**"Students! Anung nangyayari dito?!"** Sigaw ng guidance counsilor namin.

Hindi inalis ni Freya ang tingin nya sakin pero nag-alisan yung ibang mga istudyante. Mukang natatakot na madamay sa nangyayari'ng gulo.

**"Ms. Hidalgo and Ms. Mariano."** Tawag samin ni Sir Alvin. **"...Anung nangyayari?"**

Ngumiti si Freya at nag-lakad paalis. Kasunod naman nya ang mga kaklase. Tinginan ako ni Mica na parang humihingi ng tawad.

**"Section E. Bumalik na kayo sa camp site nyo."** Utos ni Sir samin.

Wala kaming nagawa kundi ang sumunod. Ang masama nito hindi pa kami kumakain. Pagbalik, agad kong hinarap si Yuri at Keifer. Wala na kong paki kahit tignan kami ng nga Ulupong.

**"Anu yung sinasabi ni Freya?"** Tanung ko na may bakas na inis.

Pinipilit kong huminahon pero naghahalo-halo na yung nararamdaman ko. Hindi lang naman ako ang gustong maliwanagan sa sinasabi ni Freya. Dahil kahit si Edrix alam kong nakikinig din.

**"We're all tired and hungry. Can we talk about it later."** Utos ni Keifer.

Mas lalo akong nainis. Alam ko'ng umiiwas lang sya. Ganyan din ang sasabihin nya mamaya.

**"Bakit ba hindi pa ngayon?!"** Hindi ko na napigilan yung inis ko.

**"Jay... Please."** Paki-usap ni Yuri.

**"Anu bang problema?!"**

**"Because that is a mistake!"** Sigaw ni Keifer dahilan para matigilan ako at ang iba pa. **"...Pagkakamali lang namin yun nuon! Why do you need to know about it?! Hindi naman na maitatama yun!"**

*Yeah! Right!*

Bakit pa nga ba ko nagtatanung? Bakit pa nga ba ako nakiki-alam? Mapait akong tumawa at umiling sa harap nila. Walang saysay nga naman kung nagtatanung pa ko. Tumalikod ako at lumakad paalis.

**"Saan ka pupunta?"** Nag-aalalang tanung ni Yuri.

**"Ewan ko... Basta malayo sa inyo."**

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci. **"...k-kala ko ba m-magswiming tayo."**

Alam kong iniiba lang ni Ci ang usapan. Baka lalu nga lang talaga kaming magka-initan.

**"Titignan ko kung andun pa yung kaparehong daanan na ginagamit namin."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Hinayaan nila kong umalis. Pabalik sa hall ang daanan pero hindi dun ang punta ko. Sa likod kasi ng hall merong pala-isdaan. Kaunti'ng lakad lang ay mararating na yun.

Hindi naman ako nabigo dahil kita ko na agad ang tubig nito. Mukang pati yun ay nadevelop na rin. Merong malaking gazibo sa gitna na nagmumukang isla. Para marating yun at merong mahabang tulay.

Sandali ko lang tinignan yun at tumuloy ako sa paglalakad sa gilid ng palaisdaan. Nakita ko na yung hinahanap ko. Sa magubat na parte ako pumunta kayalang, agad na bumungad sakin ang bobwire at malaking sign ng *Keep Out*.

*Pffttt...*

Pero hindi ako mapipigilan nyan. Sinilip ko yung kabilang bahagi. Tanaw ko dun yung pathway na dinadaanan namin.

Napangiti ako dahil andun pa yung daan. Makakapunta kami sa maliit na falls. Naglakad na ko pabalik para ayain sila pero natigilan ako ng may nakita akong tao sa may tulay.

Umiiyak sya pero kita'ng kita yung galit sa itsura nya. Hindi ko akalaing makikita ko syang umiiyak.

*Freya.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

*OceanofPDF.com*

# Chapter 176

**Author's Note:** sa sobrang tamad ko, pati magre-read hindi ko na ginwa. Hehehe 😂😂

Thanks po kay Joana Gabiota sa cover. Lnmdsn

(part II)
Ang
Mutya
ng
"Section-E"
by: eatmore2behappy

**Freya Hidalgo**

***Jay-jay's POV***

Gusto ko syang tanungin. Gusto ko linawin nya yung sinasabi nya kanina. Gusto'ng gusto kong gawin yun.

Pero alam kong hindi ito ang tamang oras para dun. Sandali ko pa sya'ng pinanood. Hindi dahil natutuwa akong makita sya'ng umiiyak. Kundi dahil nakikita ko ang ibang katauhan ni Freya.

*Yung talaga'ng sya.*

Lalakad na sana ako paalis dahil alam kong hindi maganda yung ginagawa ko pero naunahan ako ni Freya dahilan para makita nya ko.

*Putik!*

Tinignan nya ko ng masama at parang hinihintay nya ang idadahilan ko. Hindi ako kakapag-salita at parang umurong ang dila ko.

**"What do you want?"** Seryosong tanung nya.

Halata'ng ayaw na nyang makipag-talo at ganun din ako. Hindi pa rin ako makapag-salita.

**"Kung nandito ka dahil sa nangyari kanina, umalis kana lang! Wala na ko sa mood makipagtalo!"** Sabi nya at akmang aalis din.

**"Freya."** Tawag ko sa kanya dahilan para matigilan sya.

*Sa wakas! Nakapagsalita din!*

**"What?!"** Inis nyang tanung.

Tsk! Kainis! Nakakahiya man pero gusto ko na ring malaman. Andito naman na ko, edi linawin na din.

**"Y-yung sinabi mo kanina. Hindi ko kasi... maintindihan."** Halos pabulong kong sabi.

Bahagya syang tumawa. **"Akala ko ba sinabi na sayo ng mga *kaibigan* mo."**

Bahagya akong umiling. Tinitigan ako ni Freya mula ulo hanggang paa.

**"Sabagay, mas magtataka pa ko kung sinabi nga talaga nila sayo."** Sabi nya at bahagya'ng ngumiti ng nakaka-asar.

*Bumalik na naman sya sa B*tch na Freya!*

**"Anu yung----"**

**"Yuri and Keifer is my *Ex*."** Putol nya sa sasabihin ko at may diin pa yung salitang '*ex*'.

Sinabi na sakin ni Kiko yan. Hindi muna ako nagsalita para hintayin ang susunod nya'ng sasabihin.

**"Pagka-matay ni Percy, si Yuri ang unang lumapit sakin. Inalalayan nya ko, showing that he's there for me anytime..."** Sabi nya at namumuo na naman ang mga luha sa mata nya. **"...but that asshole did is unforgivable!"**

Tuloy-tuloy na bumagsak ang luha nya pero hindi nya yun ininda. Mas gusto nya'ng iparamdam o ipakita sakin yung sakit na nararamdaman nya.

**"He make me fall for him and take what he wanted like every guy wants! At ng makuha nya ang gusto nya?! IBINASURA NYA KO!"**

Imposible! H-hindi ganun si Yuri. Ayaw mag-sink sa utak ko lahat ng sinasabi nya. Gusto ko maniwala na nagsisinungaling sya pero hindi ko kaya.

*Dahil totoo...*

Pumikit sya na para bang napaka-sakit ng salita'ng binitawan nya. **"Iniwanan niya ako."** Halos pabulong nya'ng sabi.

Gusto kong lapitan si Freya at yakapin. Gusto kong iparamdam sa kanya na handa akong makinig. Pero sino ba ko? Napaka-hipokrito ko naman yata kung gagawin ko yun. Tsaka isa pa, sya si Freya Hidalgo mas matibay pa sya sakin.

Pinunasan nya ang luha nya at huminga ng malalim. **"And then Keifer show up. Taking the spotlight."** Umiling sya ng bahagya. **"...akala ko dapat akong magpasalamat sa kanya nung una, but i was wrong."**

Bumalik ang tingin nya sakin. Muntik pa kong mapa-atras dahil sa tingin na yun.

**"It's too good to be true. He's the ideal boyfriend that every girl wants. Treating me like a queen kahit kaunti lang ang nakakaalam na may relasyon kami."** Nagbabadya na naman ang mga luha nya sa mga mata. **"...but it all change ng ma-realize nya na si Yuri pa rin. Nagpalamon sa selos ang walanghiya! Dumating pa sa punto na pinagbuhatan nya ko ng kamay!"**

*Tang'na!*

Eto naba yung sinasabi ni Rakki? Kaya ngang manakit ni Keifer ng babae? Pero bakit? Naguguluhan ako!

**"What worse? Pinaghigpitan nya ko! Para akong bilanggo!"** Huminga sya ng malalim para pigilin ang luha nya. **"*...Don't talk to this guy! Don't go there! Don't go here! Don't get out of your house without my permission! Never ever try to disobey me!*"** Pang-gagaya nya sa sinasabi ni Keifer.

Sinuklay nya ng kamay ang buhok at tumingin sa malayo. Panay din ang hinga nya ng malalim.

**"Hatid sundo sa bahay at school. People think that it was sweet. Ha!"** Umiling-iling sya. **"...it was a torture! Ginagawa nya yun para masiguro na hindi ako pupunta sa kung saan."**

Sandali sya'ng tumahimik. Mukang ayaw na nya'ng magkwento kaya kahit nahihiya ako nagtanung na rin ako. Gusto kong malinawan sa nangyayari.

**"A-anung g-ginawa mo?"**

Ngumiti sya sakin na para bang nagyayabang. **"I go out with other guys. Hanggang sa magsawa na sya at humiwalay."**

He slept with other guys? Hindi lang isa? Marami pa! Anu to?!

**"...Then people start calling me slut, bitch and whore. Ha! If they knew----if you knew!"** Sabi nya sabay turo sakin. **"...huhusgahan mo pa rin kaya ako?"**

Napayuko ako. Kung alam ko nga lang sana. Baka naging kaibigan ko po sya. Baka nga sinubukan ko pa syang kausapin non. Baka nga intindihan ko nalang ang kamalditahan nya.

**"I'm pathetic right?"** Kusa nalang bumagsak ang mga luha nya.

Lalakad na sana ako palapit sa kanya pero hinarang nya ang kamay nya.

**"Don't! Hindi ko kailangan ng kaplastikan mo."** Sabi nya at agad na naglakad paalis.

Nabunggo pa nya ko pero hindi man lang sya lumingon. Hindi ko alam ang dapat kong sabihin. Gusto kong sisihin si Yuri at Keifer, pero para saan?

Si Yuri. Minahal nya si Yuri pero kinuha lang nito ang gusto nya at iniwanan na sya. Si Keifer. Nakakasal na karelasyon at kaya nya'ng manakit.

*Imposible!*

**"Jay-jay!!"** Tawag sakin ng kung sino.

Nilingon ko yun at nakita ko sila Ci-N, David at Felix na palapit sakin. Inayos ko ang sarili ko at pinilit kong ngumiti. Ayokong ipahalata sa kanila na may problema.

**"Akala namin kung saan kana nagpunta."** Sabi ni Ci paglapit sakin.

**"H-hindi naman ako lumayo."**

**"Nakita mo na?"** Tanung ni Felix.

Taka ko syang tinignan. **"Ha?"**

**"Yung maliit na falls at ilog. Akala namin titignan mo yung daanan?"**

*Tsk! Bungol!*

**"Ahh... O-oo. N-nakita ko na. Pupunta naba tayo?"**

Napatingin ako kay David. Kakaiba kasi yung tingin nya sakin at parang nagsasabi ng '*may iba sayo*'.

**"Sige. Wala naman na tayo gagawin."** Excited na aya na ni Ci.

**"Sunduin ko lang yung iba."** Sabi ni Felix at agad na naglakad paalis.

Naiwan kaming tatlo. Nakita ni Ci-N yung Gazibo at agad na nagtatakbo palapit dun. Nakatingin lang kami sa kanya habang sinisilip ang bawat kanto at poste.

**"Nakasalubong namin si Freya. May pinag-usapan ba kayong dalawa?"** Tanung ni David.

Sinadya kong hindi sya tignan dahil malakas ang pakiramdam kong mahuhuli nya ko.

**"Yung sagutan lang namin kanina."**

Hindi na sya nagtanung pa. Ganyan naman sya, hindi nya ugaling mangulit o makialam. Pero hangang ngayon, pala-isipan pa rin sakin kung panu sila nagkakilala ni Percy.

Patakbong bumalik si Ci-N samin. Nakangiti pa sya at halata'ng excited.

**"Malayo ba dito yun? Yung falls?"** Tanung nya.

**"Medyo."**

**"Egzoyted na ku!"** Sabi nya at umakmang lumalangoy.

*Laglag mo sa pala-isdaan!*

**"Andito na sila."** Sabi ni David.

Tignan ko naman ang mga luko. Halata'ng excited din. Nasa harap ko na silang lahat ng may mapansin ako.

Wala yung Hari at si Yuri. Tinignan ko yung pinang-galingan nila at baka nahuli lang sila.

**"Nagpaiwan na si Josh, Keifer at Yuri."** Sabi ni Felix. **"...kailangan daw kasi ng magbabantay sa pwesto natin."**

Nag-nod nalang ako. Magbabantay? Baka kamo ayaw matanungan. Iba din magpalusot yung mga yun. Ewan ko naman sa trip ni Josh.

**"Tara na! Tara na!"** Aya ni---yung *egzoyted* sa lahat!

Ako unang naglakad sa kanila dahil ako yung nakaka-alam ng daan. Sa masukal na parte sa gilid ng pala-isdaan kami dumaan. Kagaya ng nakita ko kanina, andun yung malaking sign ng *Keep Out.*

**"Tatawid tayo dito."** Sabi ko habang pilit sumusuot sa pagitan ng mga wire.

**"Dahan-dahan."** Sabi ni David at inalalayan ako.

Pagdating sa kabila, sila naman ang hinintay ko makatawid. Siniguro ko na kompleto kami bago bumalik sa paglalakad. Sinundan lang namin yung pathway---yung parte na walang halaman dahil laging dinadaanan.

Nung sinabi kong masukal, expected ko yung matataas na damo lang pero higit pa dun ang sumalubong samin. Madulas yung daan at maraming nagkalat na bagsak na sanga.

**"Tama ba tong dinadaanan natin?"** Tanung ni Calix.

*Hindi!*

Pero hindi ko pwedeng sabihin sa kanila yun. Baka magalit sila sakin, ako pa naman ang malakas ang loob na nag-aya.

**"O-oo... Tama to."**

Tuloy-tuloy pa rin kami sa paglalakad. Kinakabahan na ko dahil pakiramdam ko mali na tong tinatahak namin.

*Lagot ka Jay!*

Ang mas kinatakot ko pa, baka makasalubong kami ng Ahas. Panibagong bestfriend ko na naman!

Nawala lang ang pangamba ko ng marinig ko ang pagaspas ng tubig. Mas lalo pang lumalakas yun sa bawat paglakad namin.

At ganun nalang ang pagkamangha nila ng makita ang maliit na falls. Malinaw ang tubig, kumikinang yun sa bawat bagsak at agos.

**"Liguan na!"** Sigaw ni Ci-N at agad na nagtatakbo palapit sa malaking bato na malapit samin.

Sumunod naman ang mga kapwa nya Ulupong. Agad na naghubad ang pang-itaas ang mga luko except kay Ci-N. Boxer nalang kasi ang natitira sa suot nya. Nasampal ko nalang ang noo ko dahil sa itsura nya.

**"Langya! Mukang hindi lang height ang maliit sayo ah?"** Pang-aasar ni Eren kay Ci.

Agad naman kaming nagtawanan at mas lumakas pa yun ng takman ni Ci ang ibabang parte nya.

**"Lalaki din yan! Galitin mo!"** Nakatawang sigaw ni Felix.

**"Hoy!"** Sita ko sa kanya.

Nakalimutan yata nyang may babae silang kasama. Agad namang syang nag-peace sign at umalis.

Naglakad ako palapit sa malaking batong pinag-lagyan nila ng mga damit. Naupo ako don at pinagmasdan sila. Parang mga bata na walang paglagyan ng kaligayahan ang mga luko.

**"Jay! Tara na!"** Aya nila sakin.

Nag-nod lang ako sa kanila. Ang totoo, hindi ko siguro kung gusto ko pang magsaya kabila ng mga narinig ko kanina.

**"Ayaw mo bang makisaya sa kanila."**

Napalingon ako sa nagsalita. Nakatayo si David sa tabi ng bato at nakapamulsa. Nakangiti din syang pinapanood ang mga luko.

**"Mamaya nalang siguro."** Sagot ko.

**"Ikaw bahala."** Sabi nya at hinubad ang pang-itaas na damit.

*Bakit bigla ata'ng uminit?*

Agad syang lumapit sa iba at nakilangoy-langoy na din. Sumakay naman si Ci sa likod nya at muntik pa silang madulas.

Wag lang talaga kami mahuhuli ng organizer lagot kami. Bahala na si Batman samin. Pwede rin naman si Superman kayalang busy sa paglangoy kasama ng mga kapwa nya Ulupong.

Napansin kong nagtatakbuhan na sila palapit sakin. Bago pa ko maka-alis mula sa kinauupuan ko nakapaligid na sila sakin.

**"B-bakit?"** Kinakabahan kong tanung.

*T-teka lang!*

Parang alam ko na yung balak nila. Agad akong hinawakan ni Felix at Rory sa pupulsuhan. Hinatak nila ko hangang sa makarating kami sa hanggang bewang na tubig na parte ng ilog.

Huminto sila at pumaligid sakin. Binitiwan din nila ako.

**"Umpisahan na ang binyagan!"** Sigaw ni Ci-N at sabay-sabay nila kong sinabuyan ng tubig.

*Putik naman!*

Natakpan ko nalang ang muka ko. Wala akong takas dahil nakapaligid sila sakin at malakas ang tawanan. *Pisti!* Hindi ko na kailangan pang lumusong. Basang-basa na ko!

Isa-isa silang tumigil ng makaramdam ng pagod. Kinuha ko yung pagkakataon para maghabol ng hangin. Pakiramdam ko nalunod ako sa ginawa nila.

**"Hanep! Balak nyo na ba kong patayin?"** Tanung ko sa kanila.

Nagtawanan lang naman sila. *Mga animal!*

**"Wag kana mahiya! Maghubad ka na!"** Pang-aasar ni Ci pero agad syang nakakuha ng malakas na batok galing kay David.

**"Sira ka talaga!"**

**"Bakit? Okay lang naman sakin yun. Nakita ko naman na syang nakahubad."** Paliwanag nya habang hinihimas ang batok.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Kahit yung iba nagulat din. Seryoso? Nakita na nga nya ko?

**"Isusumbong ka namin kay Keifer."** Banta ni Edrix.

**"Seryoso ka dyan?"** Tanung ko kay Ci.

Inosente naman syang nag-nod. **"Nakita ko yung likod mong nakahubad."**

"*Ay naku!*"

"*Sira talaga!*"

"*Malala na to!*"

Kahit ako napailing nalang sa mga lumalabas sa bibig nya. Saksakan sya ng gulo!

**"Kita ko pa nga yung malaking balat mo sa likod."** Dagdag nya pa habang nakaturo sakin.

Napahawak ako sa likod ng hindi ko namamalayan. May balat ako? Malaki? Pero ang alam ko, wala ako nun.

**"Likod ko ba talaga yung sinasabi mo?"** Tanung sa kanya. **"...wala naman akong balat."**

**"Meron."** Pagpipilit nya.

Tinignan ko si Felix na syang pinaka-malapit sakin.

**"Pakitignan mo nga."** Utos ko at lumapit naman sya.

Bahagya kong tinaas ang damit ko sa likod. Sapat para makita nya yung sinasabi ni Ci. Pati yung iba sumilip na rin at tinignan.

**"Meron nga."** Sabi ni Felix.

**"Balat ba yan? Bakit parang may hugis?"** Tanung ni Edrix.

**"Tange! Peklat yata yan."** Kontra ni Eren.

**"Balat! Malabo oh! Tsaka kung peklat dapat makinis na dry."** Singit ko Calix.

**"Bakit may hugis?"** Tanung ni Eman.

*Hugis?*

**"Hugis ilalim ng plantsa."** Sabi ni David.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Mas malamig pa sa tubig ng ilog. Binaba ko yung damit ko at napahawak ng mahigpit sa dulo nito.

Mukang nabigla sila sa ginawa ko. Agad silang humarap sakin at taka akong tinignan.

**"Jay?"** Tawag sakin ni Ci.

Napayuko ako at napakagat sa ibabang labi ko.

**"H-hindi balat y-yun Ci."** Halos pabulong kong sabi. **"...p-peklat."**

Kahit hindi sila magsalita ramdam ko ang pag-aalala nila. Gusto nilang magtanung, alam ko yun. Pero wala naman akong maisasagot sa kanila. Kahit kasi ako hindi ko alam kung saan ko nakuha yun.

Isa yan sa mga ipinagamot nila Lola yung nagising ako sa ospital. Kapag tinatanung ko sila, hindi naman sila sumasagot. Akala ko dati nawala ng tuluyan yung marka. Lagi kaming pumupunta sa doctor para ipatanggal yung peklat pero mukang ayaw talaga nya mawala.

**"A-ahh... A-ang sosyal naman ng peklat mo. May h-hubog pa."** Pilit nyang sagot kahit bakas ang pagkailang.

Pilit ko nalang din tumawa kahit sa totoo lang napaka-awkward nito. Alam ko din na hindi yun ang gusto nya'ng sabihin.

**"...Tamad ka siguro'ng maghilod kaya hindi natanggal."** Dagdag nya dahilan para magtawanan ang mga luko.

*Bata'ng kumag!*

Merong bang peklat na natatanggal sa paghihilod? Sira-ulo talaga! Pero alam kong sinasabi lang nya yun para mabawasan ang pagka-ilang namin.

**"Kaya dapat paliguan ulit si Jay-jay!"** Sigaw ni Felix at agad akong sinabuyan ng tubig.

Nakisama naman ang mga wala'ng hiya. Halos malunod ako sa ginagawa nila. Sinubukan ko ring gumanti pero nauuwi lang yun sa wala dahil sa lakas ng saboy nila.

Matagal din kaming nagbabad. Kung hindi lang siguro kami nakaramdam ng gutom hindi pa rin kami titigil. Basa ang buong katawan at damit ko. Samantalang pang-ibaba lang ang sakanila. Kay Ci-N medyo-medyo lang dahil nagboxer sya kanina.

Dala ng pagod parang ang tagal bago kami nakarating sa pala-isdaan. Ang bigat din ng katawan ko.

**"Sulit naman ang swimming nyo?" T**anung ko sa kanila.

**"Bitin!"** Sabi ni Ci.

**"Ikaw lang ata ang nabitin!"** Pang-aasar ni Felix sa kanya.

Nagpatuloy sila sa pagkukulitan na para bang hindi sila nauubusan ng lakas. Malapit na kami sa hall ng mapahinto ako.

Taka akong napatingin sa kausap ni Sir Alvin. Nang mapansin ako ng mga Ulupong, tinignan din nila ang tinitignan ko.

**"Bakit andito yung pinsan mo?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 177

**Author's Note:** hindi na uso edit-edit. Haha joke! Natamad lang tlaga akong magr-read.

**Keifer's side**

***Jay-jay's POV***

**"Where have you been?"** Tanung ni Kuya Angelo habang tinitignan ako mula ulo hanggang paa.

Basang-basa ang damit ko kaya naman obvious na nagswimming o nagbasa kami. Pati mga kasama ko tinignan din nya.

**"N-nag-swiming----"**

**"Saan?"** Putol nya sa sasabihin ko.

Alam nga pala ni Kuya na may maliit na falls malapit dito. Dun nya ko sinusundo dati kapag pinapa-uwi na nya ko.

**"Sa pala-isdaan."** Sagot ni Ci dahilan para tumingin kaming lahat sa kanya.

**"Excuse me? Sa pala-isdaan?"** Paglilinaw ni Sir Alvin.

Wala kami sa sarili na nag-nod sa kanya. Kesa naman sabihin namin sa maliit na falls at ilog kami naligo, baka malintikan kami.

**"Do you know how dirty is the water on that fish pond?!"** May halong inis sa boses ni Kuya.

**"Mainit kasi... Wala naman kaming pupuntahan, edi dun nalang."** Sagot ni David.

**"Clean yourselves now!"** Utos ni Kuya at dali-dali kaming tumakbo pabalik sa site namin para kumuha ng damit.

**"Bakit nagmamadali kayo?"** Tanung ni Yuri habang sinusubukang siliban ang mga inipong sanga.

**"Andyan yung Kuya ni Jay-jay na masungit!"** Sabi ni Ci-N.

Nagtinginan si Yuri at Keifer sandali bago ako tignan. Hindi na ko nagsalita. Kinuha ko nalang ang kailangan ko at tumakbo papunta sa C.R.

Dahil wala naman masyado tayo, hindi na ko naghintay o pumila pa para sa shower. Mabilis akong naligo at nagbihis. Baka kasi topakin na si Kuya at bigla nalang akong kagalitan.

Patakbo din akong bumalik sa Camp site namin para ibaba yung gamit ko.

**"Bakit ba tarantang-taranta ka dyan?"** Tanung sakin ni Felix.

Napatigil naman ako. **"Feeling ko kasi may nangyari. Hindi naman pupunta dito si Kuya kung wala."**

Malaking bahagi ko ang nagsasabi sakin nun. Pwede naman nya ko tawagan sa cellphone. Kayalang mahirap ang signal dito.

**"Think positive Jay. Baka kinakamusta lang kayo ng Kuya mo."** Sabi ni David.

Pero hindi nakatulong yun sa nararamdaman ko. Iba talaga yung pakiramdam ko.

**"Sige na... Puntahan mo na si Kuya mo."** Sabi ni Yuri at ngumiti sakin.

Sinuklian ko yung ngiti na yun. Lumakad na ko pabalik ng Hall kung saan ko iniwan si Kuya Angelo kausap si Sir Alvin.

Andun pa rin sila at sa pagkakataon na to kasama na nila si Aries. Agad nya kong tinignan ng masama pagkakita sakin.

*Maduling ka sana!*

May binulong si Kuya Angelo kay Sir. Nag-nod naman ito at lumakad paalis. Ngumiti din sya pagtapat sakin.

Nang mawala na sya sa paningin namin, dun lang ako nakalapit ng husto kila Kuya Angelo.

**"B-bakit ka andito?"** Kinakabahan kong tanung.

Nag-cross arm si Kuya at pailalim akong tinignan.

**"Tumawag sakin ang parents ni Cyrus."** Sabi nya.

*Patay!*

**"...He was brought to the hospital along with his friends."**

Umiwas ako ng tingin. Sabi na nga ba! Hindi pupunta dito si Kuya kung walang nangyari. Tsk! Asar naman!

**"May kinalaman ka ba don?"** Diretsong tanung ni Kuya.

Nagsisimula na namang tumaas ang boses nya. Parang nakikisigaw din ang puso ko sa lakas ng tibok nito.

**"K-kasi..."**

**"Damn it!"** Sigaw ni Kuya dahilan para manginig ako sa takot. **"...What the hell happen?!"**

Ayaw makisama ng dila at bibig ko. Para bang pati sila natakot na din kay Kuya. Gusto kong ipaliwanag lahat-lahat pero hindi ko magawa.

**"Inatake ka na naman ba ng pagiging baliw mo?"** Sarkastikong tanung ni Aries.

*Baliw?*

Sinasabi ba nya'ng baliw ako? Sa hindi ko maintindihan na dahilan, nainsulto talaga ako kahit hindi naman totoo.

**"Hindi ako baliw."** Madiin kong sabi.

Ngumisi lang sya at nagpamulsa. Para bang hinahamon nya ko. Kung ganun nga talaga ang ginagawa nya, hindi ako mag-aatubiling patulan sya.

**"Anung tawag mo don sa nangyayari sayo? You're changing into someone. Hurting people none stop. You don't even listen to anyone."**

*Anu nga ba?*

Napayuko ako. Kasi hindi ko alam ang sagot. Kasi kahit anung gawin ko, wala akong makitang sagot. Baka nga... Baka nga baliw talaga ako.

**"H-hindi k-ko... Alam."**

Bahagya'ng tumawa si Aries. **"Edi baliw ka nga."**

**"Enough!"** Buong-buong sigaw ni Kuya.

Parang kulog sa lakas ang boses nya. Kulang nalang lumiwag ang langit dahil sa kidlat. Siguro bagay si kuyang referee sa mga nag-aaway sa lakas ng boses nya.

Tinignan ako ni Kuya. **"Ikaw ba may gawa nun?!"**

Dahan-dahan akong umiling. **"H-hindi----"**

**"I did."** Putol ng kung sino sa sasabihin ko.

Sino? Sino pa nga ba? Edi yung Hari ng mga Ulupong na mahilig umepal. Pare-pareho kaming lumingon sa kanya. Nakapamulsa pa sya habang bored na nakatingin samin.

**"Excuse me?"** Iritableng baling ni Kuya sa kanya.

**"That *thing* that happen to----what his name again?"** Inosenteng tanung nya sakin.

Seryoso? Matapos nyang pagselosan hindi na nya matandaan ang pangalan. Kalokohan!

**"Cyrus."** Sagot ko.

**"Yeah. That thing that happen to Cyrus. It was me and not Jay-jay."**

Salubong ang kilay ni Kuya Angelo'ng tumingin sakin at muling hinarap sa Keifer.

**"Tell what exactly happen."** Utos ni Kuya.

**"I don't know."** Mabilis na sagot ng pesteng Hari.

*Nang-iinis ang walang-hiya!*

**"What do you mean '*you don't know*'?"** Iretableng tanung ni Kuya.

Putik tong Kumag na to! Balak muna yatang galitin si Kuya bago ibigay yung sagot na hinihingi nya.

**"Tss."**

*Shutanginames!*

Napahawak na sa sintido si Kuya. Napipikon na rin sya pero pilit pinapahinahon ang sarili. Alam naman nya kasi siguro ang ugali ng isang to.

**"Kung wala lang matinong sasabihin pwedeng umalis kana!"** Galit na sabi ni Aries kay Keifer.

Nagtitigan silang dalawa. Kulang nalang pakabitan nila ng laser ang mga mata nila para sulit ang titigan portion nila.

*Basta matunaw ang isa.*

**"Keifer... I don't have time for your jokes."** Mahinahong sabi ni Kuya pero bakas ang otoridad.

Tinignan ko yung pesteng Hari ng may pakiusap. Kasi kung wala naman syang balak magseryoso sana wag naman sya mang-gulo. Ako yung napag-iinitan ni Kuya.

**"I don't know what happen."** Tuloy-tuloy na sabi nya at nagbuntong hininga. **"...pero nung dumating kami, sinasaktan nila si Jay."**

Bigla nalang nya'ng hinawakan ang baba ko para iharap kay Kuya yung parte ng labi ko na may pasa. Pinakita din nya yung leeg ko na may marka pa ng pagkakasal ni Cyrus.

Ganun pa rin ang reaksyon ni Kuya Angelo at Aries. Binitiwan ni Keifer ang baba ko at muling humarap sa kanila.

**"...so i did what i could. I take down that Cyrus."**

**"And what are you doing in Holy Saints? Si Jay-jay alam kong may kailangang gawin dun. Eh ikaw?"** Tanung ni Kuya.

**"Namasyal."** Mabilis nyang sagot.

*Nice!*

Ang gandang sagot! Namangha ako. Hanep! Kahit kelan talaga, ang hilig nyang mang-inis. Ang sarap batukan nitong hinayupak na to.

Napatingin ako kay Aries. Kuta ko ang pagkuyom ng kamao nya. Sa kanila ni Kuya, mas mabilis syang mapikon.

**"Seriously?"** Sarkastikong tanung ni Kuya. **"...Keifer----"**

**"You're so stupid."** Dire-diretsong sabi ni Keifer dahilan para damputin ni Aries ang damit nya.

**"What did you said?!"** Galit na sabi ni Aries. **"...what did you call my brother?!"**

**"Stupid."** Pag-uulit ni Keifer sa sinabi nya kanina.

*Naman!!!*

**"Aries."** Tawag ni Kuya. **"...Let him go."** Utos nya pero mukang walang balak sumunod si Aries. **"...Now!"**

Agad ding syan bumitaw ng marinig ang sigaw na yun. Inayos ni Keifer ang damit nya at muling hinarap si Kuya.

**"You're so stupid."** Pag-uulit na naman nya. **"...Isn't obvious to you?! Wala naman akong kakilala sa Holy Saints. Malamang sinamahan ko si Jay-jay."**

Wala naging reaksyon si Kuya pero lumipat ang tingin nya sakin. Angad akong nangilabot sa tiningin na yun.

**"Bakit ka sinaktan ni Cyrus?"**

*Kasi bading sya at naiingit sa ganda ko!*

Siguro nga tama ang Hari. Stupid nga ata talaga sya. Nakalimutan na ba yung past namin ni Cyrus? Si Kuya minsan talaga ang lakas ng sapak. Parang si Aries lang din. At parang si Keifer at Yuri, pati na rin si Percy.

Manang-mana sa pinagmanahan!

**"Diba nga? Yung... Ginawa ko sa kanya dati."** Napabuntong hininga ako. **"...Gagantihan daw nya ko."**

Dinig ko ang malakas na singhap ni Kuya. Hindi ko alam kung nagagalit sya o anu. Walang naging reaksyon si Aries pero sarado-sarado pa rin ang kamao nya.

**"Pati mga kaibigan ni Cyrus. Ikaw din ba may gawa nun?"** Tanung ni Kuya kay Keifer.

**"No. It was our classmates."** Sagot nya habang nakatingin sakin.

**"Thanks for clarifying that. You can go now."** Paukol ni Kuya saming dalawa.

Nag-nod naman ako at nagsimula ng maglakad paalis. Mabagal ang bawat hakbang ko. Ang bigat kasi ng pakiramdam ko. Ramdam ko din ang Hari sa likod ko.

Malapit na kami sa site namin ng huminto ako. Huminto din sya at kahit hindi sya magsalita alam kong meron syang gusto'ng sabihin.

**"Jay."** Tawag nya sakin.

Lumingon ako sa kanya. Hindi ko alam kung bored na bored na ba sya sa lugar na to o bored na bored na syang humarap sakin.

**"Spill it out."** Huminga sya ng malalim. **"...alam kong may gusto kang sabihin o itanong."**

Hindi ko alam kung ganun lang ba ko ka-obvious o sadyang alam na nya yun mula pa lang simula. Kung alin man sa dalawa, wala na kong paki. Marami akong tanung sa kanya. Sa mga sinabi sakin ni Freya.

**"Marami akong gustong itanung sayo. But i want you to promise that you will answer all of my questions."** May halong paki-usap ang tinig ko.

Yumuko sya. **"I can't promise."**

Para akong nanlambot sa sinabi nya. Panu nalang kung lahat ng tanung ko hindi naman nya sagutin. Pero nawala din ang pangamba ko na yun ng hawakan nya ang kamay ko.

**"...but i will try my best."** Dagdag nya at ngumiti.

Hindi ko magawang suklian ang ngiti na yun pero hinawakan ko din ang kamay nya at hinigpitan yun.

**"S-sinaktan mo ba talaga si Freya?"** Tanung ko habang nakatingin sa mga mata nya.

Hindi sya umiwas. **"I did."**

Parang sumikip ang dibdib ko na hindi ko maintindihan. Nagagawa nga nyang manakit ng babae. Bakit? Hindi pa ba sya nadadala sa nangyari sa Nanay nya?

**"B-bakit? Bakit mo ginawa yun?"**

Hindi ko mapigilan ang pagtaas ng boses ko. Nakaramdam ako ng galit sa ginawa nya. Yung ginawa pa lang nya sakin hindi ko maintindihan panu pa yung kay Freya.

Hindi kami friends pero kahit ganun pareho naman kaming babae. Sapat na sigurong dahilan yun para magkaroon ako ng karapatan para magalit sa ginawa sa kanya.

**"Freya is my first in everything."** Binitiwan nya ang kamay ko at aaminin ko na may kung anung kumurot sa puso ko. **"...but i'm not hers'."**

Sinabi sakin ni Freya yan.

**"I accept her. Everything about her. Pero yung malalaman ko na si Yuri pa rin... Yun ang hindi ko matanggap."**

Kaya ba ganun nalang ang galit nya dati. Yung una nyang minahal si Yuri ang gusto. Kaya pala ganun nalang ang hugot nya at para'ng sobra syang nasasaktan.

Umurong ang dila ko at hindi ko magawang ituloy pa yung mga gusto kong itanung.

**"...I'm sure you won't understand how it hurt me and my ego. Masakit... lalu na ng ma-realize ko na si Yuri ang nasa isip nya habang**

**magkasama kami."** Huminga sya ng malalim. **"...kinain ako ng selos at takot. Palagi kaming nag-aaway hangang sa hindi ko na napigilan ang sarili ko... Na----"**

**"Nasaktan mo sya."** Pagtutuloy ko sa sasabihin nya. **"...pero hindi sapat na dahilan yun. Babae si Freya."**

Tumingin sya sa ibang direksyon. Siguro nga hindi ko naiintindihan yung sakit na nararamdaman nya. Kung panu natapakan ang pride nya. At kung gaano kasakit na iba ang nasa isip ni Freya habang magkasama sila.

**"I don't know... Maybe i'm like Dad."** Sabi nya at yumuko.

Nakaramdam ko yung lungkot nya nung sinabi nya yun. Nahiya ako bigla dahil wala akong pakungdangan sa pagakusan sa kanya.

Lumapit ako sa kanya at niyakap sya.

**"No. Hindi kayo pareho."** Sabi ko.

Naramdaman ko ang kamay nyang yumakap din sakin. **"Maniwala ka. Nabigla din ako sa ginawa kong yun. Sinuguro ko na hindi ko na ulit uulitin yun."**

*Pero muntik mo ng gawin sakin.*

Lalung humigpit ang yakap nya sakin para bang nabasa nya ang nasa isip ko.

**"...Pero muntik ko ng gawin sayo. Kasi involve na naman si Yuri."**

Kaya pala ganun nalang ang galit nya. Dahil sobra-sobra naman yata ang reaksyon nya nun kung simpleng selos lang yun.

Unti-unti akong bumitaw sa kanya. Kita ko ang lungkot sa mga mata nya. Ang bigat sa pakiramdam. Ako may kasalanan nito. Gusto kong malaman yung totoo pero parang umpisa pa lang hinusgahan ko na sya.

*Hindi ko sinasadya.*

**"Sorry. Naiintindihan naman kita. Hindi lang kasi talaga ko makapaniwala na magagawa mo yun."** Sabi ko.

Nagpilit sya ng ngiti. **"Meron ka pang gustong itanung?"**

*Madami.*

**"M-meron... Baka next time nalang----"**

**"It's okay. You can still ask me."** Putol nya sa sasabihin ko.

Pero hindi ko alam kung dapat pa kong magtanung. Pakiramdam ko, sobra-sobra na yung tinanung ko sa kanya.

Tinignan nya ko na para bang hinihintay ang sunod kong itatanung. Kaya kahit labag sa loob ko...

**"M-meron pang sinabi sakin si Freya."** Huminga muna ko ng malalim. **"...sabi nya. Pinaghigpitan mo daw sya na parang bilanggo."**

Bigla nalang syang tumawa. Nainis ako sa reaksyon nya pero kahit papanu gumaang yung pakiramdam ko.

**"That *thing* is actually normal."**

*Normal pa sa kanya yun?!*

**"Normal?"**

Nag-nod sya sakin. **"Nagpapasaway na kasi sya nun. Kung sino-sino na yung nakikita kong kasama nya."**

**"Panu kayo naghiwalay?"** Tuloy-tuloy kong tanung.

Nawala yung ngiti nya at bahagyang yumuko. **"Dahil kay Aries."**

*What the fudgie barr oh barr sa sarap!*

Ilang beses kumurap ang mata ko. Ayaw magsink ng sinabi nya. Panung si Aries? Bakit nadawit na naman ang ugok na yun?

**"S-si Aries? P-panung...?"**

**"Remember Mykel Mitchell?"** Tanung nya at nag-nod naman ako. **"...Sinabi nya sakin na may relasyon na daw si Aries at Freya. He even show up a few picture of them, making out."**

**"A-anung ginawa mo?"**

Bakit parang pamilyar sakin yung istorya na yun?

**"Nothing. She's breaking up with me by that time, ako lang tong may ayaw. Then when Mykel told me about them, inisip ko nalang na baka ayaw na nya talaga."** Nagpilit sya ng ngiti. **"...so i let her go."**

*HIMALA?!*

Hindi man lang sinugod o sinabakan ng suntok si Aries. Isa itong himala! Baka may dumaang anghel nung time na yun. O kaya maayos syang kinausap nung angutin na Mykel na yun.

**"Di nga?"**

Taka nya kong tinignan. **"What?"**

**"Hindi mo talaga sinugod si Aries?"** Tanung ko at nag-nod naman sya. **"...parang ang hirap maniwala."**

**"Yeah... Hindi ko sya sinugod. Yung Mykel ang siningil ko sa lahat."** Sabi nya sabay tawa ng malakas.

*Ayun! Umamin din!*

Hindi talaga pwede na wala sya'ng babawian. Keifer Watson yan eh!

Hinampas ko sya sa braso para tumigil sa pagtawa. Ginawa naman nya at tinignan ako. Hinawakan din nya ang kamay ko.

**"Still have questions?"** Tanung nya.

**"Meron pa. Sabi ni Freya, kinuha lang daw ni Yuri ang gusto nya tapos iniwanan na sya. Totoo ba yun?"** May halong pag-aalala sa tono ko.

**"That one... Is I don't know."** Taka akong napatingin sa kanya. **"...hindi ko na kasi inalam yung nangyari sa pagitan nila----basta alam ko lang may mga ginawa na sila, which is i accept."**

*Pffttt...*

Bakit hindi nya alam? Dapat alam din nya yun. Ang baduy naman! Puro tungkol na dun ang tanung ko eh.

**"Ang hirap kasing maniwala na ganun yung ginawa ni Yuri."** Sabi ko na halos pabulong.

**"I doubt that Yuri did that kind of thing."** Sabi nya at parang nag-isip. **"...kahit kasi nuong kami na, kinakamusta nya pa rin sakin si Freya."**

Ibig sabihin, may carebear pa rin sya kay Freya.

**"...may pagkakataon pa na ipinapakita nyang may something pa rin sya para kay Freya. Kaya nagselos din ako ng husto."**

Para akong nabunutan ng tinik. Hindi nga kayang gawin ni Yuri yun. Edi sana wala ng paki-alam si Yuri sa kanya kung katawan lang nya habol nito.

Kayalang yung itsura ni Freya habang sinasabi sakin yun. Kita kong sobra sya'ng nasaktan. Kaya imposibleng nagsisinungaling sya.

*Anung totoo?*

**"May itatanung kapa?"**

Napatingin ako kay Keifer at napakamot sa batok ko. Ang lalim ng iniisip ko, nawala sa loob kong magkasama kami.

**"Kailangan na kasi nating bumalik sa site. Madilim na oh!"** Sabi nya sabay turo sa langit.

Oo nga! Haba kasi ng usapan namin. Inabot na kami ng dilim.

**"Sige. Balik na tayo."** Aya ko sa kanya.

Bago pa man ako makahakbang hinawakan na nya ang braso ko. Tinignan ko yun bago tumingin sa muka nya. Nakangiti sya at pataas-taas ang kilay.

*Parang alam ko na yan.*

Ngumuso sya at nakumpirma ang hinala ko. Nanghihingi ng kiss ang Gago!

**"Ayoko."** Mabilis kong sagot. **"...bukas nalang gabi na."**

Agad syang sumibangot at inis akong tinignan. Ang bilis nya'ng magpalit ng expression.

**"Andyan sila Kuya diba? Baka bigla nalang pumunta dito yun... Mahuhuli tayo."** Pagdadahilan.

**"Fine."** Inis na sagot nya at nauna pa naglakad sakin.

Natawa nalang ako. Kaylangang kontrolado yan, masama kapag sobra-sobra baka maulit yung *New Year anu-han.*

Kahit papanu, nabawasan na yung isipin ko tungkol sa kanila ni Freya. Nasagot ang ilan sa mga tanung ko. Yung kay Yuri nalang ang gusto kong masagot.

Alam kong may explanation din naman sya.

*Handa akong pakinggan yun.*

Malayo pa pero kita ko na ang liwanag ng bonfire at dinig ko na din  ang ingay nila.

Paglapit namin, nag-iinuman ang mga luko. Nagtatawanan at asaran. Panay naman ang kwento ni Ci na sya'ng pinaka-malakas ang boses sa lahat.

*Bangkang-bangka!*

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Eman at lumapit. **"...for you."** Sabi habang pilit inaabot ang bote ng alak.

Kahit nagtataka, kinuha ko yun at tinignan silang lahat. Hindi ko alam na may dala silang alak----*ay teka!*

Hindi samin to! Eto yung galing sa Section A. Tsk! Luko talaga tong mga to.

**"Kumain ka muna Jay! Baka sikmurain ka nyan."** Sabi ni David at inabutan ako ng plato na puno ng----*pulutan to eh!*

**"Naku! Wag nyong lasingin yan!"** Sigaw ni Edrix na may pag-aalala. **"...baka magtawag na naman ng *dimunyo* sa apoy!"**

Malakas na tawanan ang sinagot ng lahat habang nakatingin sakin. Mga Gagong to! Pagtawanan daw ba ko. Inirapan ko nalang sila at naghanap nalang nag pupwestuhan.

Sana lang talaga wag akong malasing.

*Yari kayo sakin.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 178

**Barakuda**

***Jay-jay's POV***

Ayoko ng masikip. Ayoko ng mainit. Ayoko ng maputik---*huh?!*

*Linya sa pelikula yun ah?*

Busit kasi! Nagising ako na ang sikip-sikip ng pakiramdam ko. Lagkit na lagkit na ko sa pawis ko. Kahit ayaw ko pa sana dumilat ako at naging dahilan yun ng pagsakit ng ulo ko.

*Curse this hangover!*

Hindi talaga ako marunong madala. Inom pa rin ng inom kahit ang kapalit nun ay pagising sa umaga na sobrang sakit ng ulo.

Pakshit! Parang binibiyak ang ulo ko sa sakit. Pinilit kong abutin ang ulo ko gamit ang kamay ko pero sa hindi ko maintindihan na dahilan hindi ako makagalaw.

Pinilit kong tignan yung mga kamay. Tuluyang nagising ang diwa ko ng makita ko yung dahilan.

*NAKATALI AKO!*

Anak ng tokinawang hapon! Nakatali ang mga kamay ko sa magkabilang side ko. Bukod don ay meron ding dalawang kamay na nakadantay sakin.

Ganun nalang ang bilis ng tibok ng puso ko. Ayoko'ng lumingon sa magkabila. Ramdam na ramdam ko ang hininga nila sa leeg ko.

*Braso pa lang... Alam na!*

Sobrang init! Basa na yata ang katawan ko ng pawis. Hindi rin ako makahinga ng maayos sa posisyon namin.

Kaya kahit labag sa loob ko. Unti-unti akong lumingon sa kaliwa. Halos mahalikan na nya ko sa lapit ng muka nya.

**"K-keifer."** Tawag ko sa kanya.

Hindi natinag ang luko at mukang himbing na himbing. Dahan-dahan akong tumingin sa kanan ko at halos ganun din ang sitwasyon at posisyon nya.

**"Yuri."** Tawag ko din sa kanya.

Hindi rin sya gumalaw. Sobrang lagkit na lagkit na ko sa pawis ko. Pinilit kong gumalaw at bungguin sila. Malakas na pag-ingit ang narinig ko sa kanila. Bahagya din silang lumayo sakin.

**"Gising na. Utang na loob! Ang liit ng tent ko pinagkasya nyo yung sarili nyo dito."** Inis na sabi ko sa kanila.

Si Yuri ang unang dumilat at bumangon. Naghikab muna sya bago ako harapin.

**"Good morning."** Nakangiti nya'ng bati sakin.

**"Good morning din. Baka gusto mo na kong kalagan?"** Sarkastikong tanung ko.

Tinignan nya ang mga kamay ko. Akala ko aabutin na nya yung buhol ng tali pero inabot lang pala nya si Keifer para kalabitin. Ilang beses nya'ng ginawa yun bago tuluyang magising yung isa.

**"What?!"** Inis na tanung nung Hari kay Yuri.

**"Kakalagan ko naba to?"** Tanung naman ni Yuri.

*At nanghingi pa talaga sya ng permiso?*

Tinignan ako ng Pesteng Hari bago ngumiti. **"Wag muna. Sayang yung pagkakataon."**

*Anung pagkakataon?!*

**"Gagawin na ba natin ngayon?"** Tanung ni Yuri.

*Anung gagawin?!*

**"Pwede rin."**

*Ang alin?!*

**"Hindi ba tayo maririnig sa labas?"**

*Maririnig ang alin?!*

**"Takpan mo yung bibig para hindi tayo marinig."**

Halos mabali ang leeg ko sa pagpapabalik-balik ng tingin sa kanila. Hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nila.

Ngumiti si Yuri at bahagya'ng nilapit ang muka nya sakin. Sobrang nawiwirduhan na ko.

**"Jay... Wag ka magagalit ah?"** Tanung nya na sobrang pinagtaka ko. **"...kami nang—."**

*Shutanginames!*

**"Anu?! Baliw kayo!"** Sigaw ko habang pilit umaalis sa pagkakatali sakin.

Bigla nalang silang nagtawanan ng malakas. Dun ko nakuha na pinagttripan lang nila ko dalawa. Halos mawala na ang pagitan ng kilay ko sa pagsalubong nito.

Tinanggal ni Yuri ang pagkakatali sakin. Bumangon ako at agad silang sinuntok sa braso.

**"Aw..."** Reklamo ni Keifer habang hinihimas ang braso.

**"Mga animal kayo!"** Inis na sabi ko at lumabas ng tent.

Ganun nalang ang ginhawa ko. Sobrang init kasi sa loob ng tent, idagdag pang tatlo kami sa loob. Pang-dalawa lang kaya yan.

Lalakad na sana ako palapit sa jag para manguha ng tubig pero natigilan ako sa mga reaksyon nila.

*Eto pa ang mga wirdo!*

Lahat sila naglayuan pero sakin pa rin nakatingin. Merong nagtago sa likod ng puno at tent nila. Si Ci-N naman nagtago sa likod ni David.

**"Anyare sa inyo?"** Tanung ko sa kanila.

Walang sumagot. Bigla nalang may tumapik sa balikat ko. Nakangiting lumagpas sakin si Yuri.

**"Last mo na yan. Wag ka ng iinom."** Sabi pa nya bago kumuha ng tubig.

*Holy cow calabao!*

Anung nangyari kagabi?! Nalasing ako! Alam ko! Pero anung nangyari pagkatapos? Eto na naman po kami.

May panibagong kamay ang tumapik sakin. Nakangiti ring lumagpas sakin si Keifer.

**"Nice..."** Sabi nya at kumuha rin ng tubig. **"*...Barakuda*."**

Pakshit!

***Flashback...***

**"Alulululululululululu!!"**

Malakas ang tawanan nila habang pinapanood ako sa harap ng bonfire.

**"Go Jay-jay!"**

***EndofFlashback...***

Natakpan ko nalang ang muka ko sa sobrang kahihiyan. Sinasabi ko na! Asar naman!

Narinig kong nagtatawanan si Keifer at Yuri. Tinignan ko naman sila agad ng masama. Kahit hindi nila sabihin alam kong ako yung pinagtatawanan nila.

Napatingin ako kay Ci na nasa likod pa rin ni David. Panay lang ang silip nya.

**"Ci-N..."** Tawag ko sa kanya at tangkang lalapit pero agad sya'ng umatras habang nakahawak pa rin kay David.

**"W-wag ka lalapit."**

Inis ko naman sya'ng tinignan. **"Napapanu ka ba?!"**

**"Itago mo ko Dabid!"** Sigaw nya.

Hinayaan lang naman sya ni David na magtago sa likod nya. Puno ng pagtataka yung itsura ko dahil sa ina-asta nila.

Tignan ko si Eman pero hindi pa man ako nakakapag-salita tumakbo na sya palayo. Ganun din ang ginawa ni Josh kahit sobrang sama ng tingin nya sakin.

**"Hala! Anu bang nangyayari sa inyo?"** Tanung ko pero walang sumagot.

**"Ang lakas ng trip mo kagabi."** Sabi ni Yuri habang inaabutan ako ng tubig.

Nangamba agad ako. Parang alam ko na kung anu yung ginawa ko. *Naku naman!*

**"Sino nga pala si Barakuda?"** Tanung ni Keifer.

**"H-ha?"**

**"Sabi mo kasi kagabi ikaw si *Barakuda*."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"A-anu... Character yun na ginampanan ko sa school play namin... Noon."** Halos pabulong kong sagot. **"...Sa sobrang kahihiyan ko nun, umakyat ako sa stage na lasing."**

Yun din ang unang beses na tumikim ako ng alak. Tumawa si Yuri at Keifer. Taka naman akong napantingin sa kanila.

**"Congratulation! You portray your character very well."** Sabi nung Hari habang nakangiti ng nakaka-asar.

*Argh! Anu ba?!*

**"Anu ba talaga'ng ginawa ko?!"**

Napansin ko si Felix na dahang-dahang lumalapit sakin. Halatang nag-aalangan pa sya. Kinuha nya yung cellphone nya at nagpipindot dun. Nang matapos ay inabot nya sakin yun.

*Video... Na naman?!*

Pinlay ko yung video. Ang likot ng kuha. Masakit sa mata panoorin pero kailangan kong pagtyagaang para maalala ko yung ginawa ko.

Malakas ang sigawan nila. Panay rin ang takbo nung kumukuha kaya pala ang likot-likot.

**"*Kailangan ko ng birhen!*"** Malakas na sigaw....ko?

Hindi ako kita sa video kaya hindi ko masabi kung ako nga yung sumisigaw na yun. Malakas lang talaga ang kutob kong ako yun.

**"*Ako si Barakuda!*"** Sigaw ko na naman.

Sa pagkakataon na to sigurado na ko na ako yung sumisigaw.

**"*Shit! Nababaliw na si Jay!*"** Boses ni Calix.

Bahagya'ng tumahimik. Panay din ang lipat ng anggulo ng camera. Para bang may hinahanap.

**"*Nawala si Jay-jay! Nakita nyo ba?*"** Bulong ni Felix.

**"*Aaaaagghhhhh!!*"** Sigaw ni Ci-N yun, sakto naman at tinapat yung camera sa kanya. **"*...Papatayin ako ni Jay-jay!*"**

Kita'ng kita ako sa video na hinahabol ko si Ci at meron akong hawak na...kutsilyo?

**"*Ci-N! Magtago ka!*"**

**"*Bilisan mo Ci!*"**

**"*Ci-N! Play dead!*"**

Bigla nalang nawala si Ci-N at ako. Muli na namang nagpalipat-lipat yung anggulo ng camera.

**"*Asan?!*"** Nag-aalala'ng tanung ni Felix.

Tumapat yung camera sa bonfire. Maya-maya ay lumabas ako at parang may hinahanap.

**"*Kailangan ko ng birhen! Kailangan ko ng birhen! Kapalit ng walang hangang buhay!*"** Paulit-ulit na sigaw ko.

Nanlulumo ako sa itsura ko sa video. Yung mga pinag-sasasabi ko, kapareho linya ko sa school play namin nuon.

*Mukan-tanga!*

**"*Si Eman! Birhen pa yan!*"** Biglang sigaw ni Blaster dun sa video kasabay ng malakas na tawanan.

**"*Gago Blaster!*"**

***"Eman! Takbo!"***

Muli na naman akong nawala sa video. Dun ko lang napansin na mukang nagtatago sila Felix dahil hindi na sya umalis sa kinalalagyan nya.

May sunod-sunod na sigawan galing sa kung saan. Itinapat ni Felix ang camera sa area na yun at bigla nalang nagtakbuhan sila Edrix, Eman, Rory, Eren at Josh.

***"Eto si Josh! Birhen pa to!"*** Sabi ni Eren habang pilit tinutulak si Josh.

***"Tado!"*** Sigaw sa kanya ni Josh at muli na naman silang nagtakbuhan.

Akala ko maghahabulan na naman pero biglang lumitaw si Keifer at Yuri na may dalang tali. Agad silang lumapit sakin at paulit-ulit na pina-ikot yung tali sa buo kong katawan.

Malakas na napalak-pakan ang ginawa ng mga luko at kanya-kanya na ng lapit sakin.

***"Sunugin ang mangkukulam!"*** Sigaw ni Ci-N pero malakas na batok ang nakuha nya galing kay David.

Dun na natapos ang video. Hiya'ng hiya akong humarap sa kanila. Kaya pala ganun nalang ang takot nila sakin.

**"Hindi na kami nakatulog. Natakot kami sayo."** Sabi ni Felix habang inaabot ko sa kanya ang cellphone nya.

**"Sorry."** Sabi ko.

Hinarap ko din si Ci-N na pilit nagtatago sa likod ni David.

**"Ci... Sorry."**

**"Please lang Jay... Wag kana maglalasing ng ganun."** Sabi ni David.

**"Hindi na... Sorry talaga."**

Unti-unti'ng lumabas si Ci mula sa likod ni David. Nakayuko pa syang humarap sakin.

**"Pwede..."** Panimula nya at hinintay naman namin ang kasunod nya'ng sasabihin. **"...magtoothbrush ka muna. Mas nakakatakot pa yung amoy ng hininga mo-----Aray!"**

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Napa-seryoso ng muka nya. Akala ko kung anung paki-usap ang gagawin nya.

*Ibang klase!*

Napilitan tuloy akong bumalik sa tent ko para kumuha ng gamit. Maliligo na ko kahit maaga pa. Busit kasing Ci-N yun!

**"Saan ka pupunta?"** Tanung ni David.

**"Maliligo muna ko!"** Pasigaw kong sagot habang patuloy sa paglalakad.

Kulang nalang tumakbo ng mabilis para makarating banyo. Baka kasi maubusan ako ng almusal. Lam nyo naman!

*Patay guts ang mga Ulupong!*

Dahil maaga pa, ako pa lang nasa banyo. Solo ko ang lahat! Nice! May karapatan din akong kumanta ng kahit anung kanta na maisipan ko.

*Oh yeah!*

Nagsimula na kong maligo at habang busy sa pagsh-shower panay din ang kanta ko.

**" *...Baby you don't have to rush***
***you can live your toothbrush***
***at my place... At my place.***
***We don't need to keep rush***
***you can live a toothbrush***
***at my place... At my place.***
**Stock in the limbo----Aaaaggghhhh!!"**

Putangina! May bigla nalang nagbukas ng kurtina ng shower. Yun na kasi yung nagmimistulang pinto ng cubicle. Mabilis kong dinampot ang towel ko at tinakpan ang dapat takpan habang nakasandal sa pader.

**"Are you deaf or something? Can't you hear your own voice?"** Iritableng tanung ni Freya.

*Oo na! Boses palaka na!*

**"M-malay ko bang may ibang tao pala-----aaaagghhh!"** Napasigaw ako ulit ng makita ko ang kabuuan nya.

Walang kahit na anung saplot sa katawan ang Gaga! Basang-basa ang buhok nya at may kaunting shampoo pa.

Tumingin nalang ako sa kisame. Oo babae din ako pero.... *Kingina naman!*

**"What?! Can't look at my gorgeous body?"** Halata sa boses nya ang pang-aasar.

Hindi ako sumagot. Sinubukan kong Isara yung curtain gamit ang paa ko pero nakaharang ang kamay ni Freya.

**"...Or maybe your hiding something?"** Dagdag pa nya at bigla nalang binatak ang towel ko.

Mahigpit ang hawak ko dito. Halos madulas ako sa paglaban sa kanya ng agawan. Putik naman! Makikita yung hindi dapat makita sakin nito.

**"FREYA!"** Sigaw ko at pilit nakikipag-agawan. **"...Punyeta ka!"**

Ang lakas makapikon nitong babae na to. Akala ko hindi sya titigil, kaya naman nakahinga ako ng maluwag ng bitiwan din nya.

**"You're no fun."** Inis na sabi nya.

Tinignan ko sya ng masama. Pero unti-unti din nawala yun ng makita kong namamaga ang mata nya. Para din sya'ng inaatok o mas tamang sabihin na muka syan lasing at sabog.

Kaya yata nya ko pinagt-tripan.

**"A-anu bang p-problema mo?"** Naiilang kong tanung habang nakatitig sa kanya----sa muka nya!

*Wag baba ang tingin!*

**"Ang boring dito."** Sabi nya at tinignan ako mula ulo hangang paa.
**"...para namang may makikita ako sayo. Pakatakip ka pa dyan!"**

**"A-anu b-ba?! Umalis k-ka na nga!"** Pakiramdam ko ang init-init ng muka ko.

Busit naman kasing babae to! Wala ba syang magawa sa mundo? At panu nya naipapangalandakan ng ganun ang katawan nya. Wala atang kahihiyan.

*Pero infairness, maganda katawan nya!*

Ngumisi lang sya at lumakad na paalis. Hindi ko inalis ang tingin ko sa kanya. Kusa din akong napatingin sa tenga nya ng may biglang kuminang na bagay.

Hindi ako sigurado pero parang hikaw yun. Kuminang sandali tapos nawala na din.

*Pamilyar sakin!*

Pero bago ko pa ulit isipin kung saan ko nakita yun, sinara ko na ulit yung kurtina at mabilis na tinapos ang pagligo ko. Baka kasi bumalik sya at pagtripan na naman ako.

Matapos maligo at magtoothbrush, bumalik na ko agad sa site namin na fresh na fresh. Nakakahiya dun sa isa baka sabihin nakakatakot ang hininga ko.

Pagdating ko, kumakain na sila ng almusal. Pffftt... Hindi man ako hinintay.

**"Kain na Jay!"** Aya sakin ni Calix.

**"Pagkain ang totoong magbibigay sayo ng buhay----hindi nga lang walang hanggan."** Tatawa-tawang sabi ni Rory.

*Busit! Paalala daw ba!*

Agad kong binaba ang gamit ko sa tent. Lumapit ako kay Eman para manghingi ng pagkain.

Inabot nya sakin ang plato pero nakasimangot pa rin syang nakatingin sakin.

**"Uy... Sorry na."** Sabi ko habang pilit ngumingiti sa harap nya. **"...Sorry."**

**"Tsk! Last mo na talaga yung kagabi. Hindi ka na pwedeng maglasing."** Inis na sabi nya.

**"S-sige. Basta peace na tayo ah?"** Sabi ko habang naka-senyas ang dalawang daliri.

Ngumiti naman sya habang napapailing. **"Oo na."**

Kumuha na ko ng kakainin. Tumabi ako kay Ci na bida-bida na naman sa pagkukwento.

**"Barakuda! Barakuda!"** Tawag nila sakin habang tumatawa.

*Bwisit!*

Tinignan ko sila ng masama. **"Babatuhin ko kayo ng plato dyan!"**

**"Alulululululululu!"** Sigaw ni Drew at mas lumakas pa ang tawanan nila.

**"Mga impakto kayo!"**

**"Tama na yan!"** Sita sa kanila ni Edrix. **"...Baka iluto tayo sa apoy nyan."**

**"Hahahahahaha... Mangkukulam!"**

Bwisit! Kala ko ba naman binawalan nya para tumigil, yun pala para makahirit sya. Kahit kelan talaga tong mga Ulupong na to.

Tuloy ang pang-aasar nila sakin habang kumakain. Pagkatapos, isa-isa na silang umalis papunta sa banyo. Maliligo na sila dahil aattend na naman kami ng program. Lunch pagkatapos nun tapos tatambay na naman kami kasi hindi naman kami kasali sa activity keneme nila.

Napaka-makabuluhan talaga ng retreat na to. Dama'ng dama ko!

Unang nakabalik sila Rory at Edrix kaya sa kanila na ko sumabay. Susunod naman yung iba. Kagaya kahapon nasa hulihan na naman ang pwesto namin.

Napatingin ako sa Section A. Ang lakas kasi ng tawanan nila. As usual, nagsosolo na naman si Ella at Aries. Nakikipag-kwentuhan naman si Mica pero grupo ni Freya yung magulo.

**"Barakuda! Barakuda!"** Sigaw ng kung sino habang tumatakbo.

*Sino pa nga ba?!*

One time. Pasapak lang sa bata na to. Yun lang wish ko! Isa'ng sapak lang talaga, masaya na ko nun.

**"Usog ka! Dyan ako."** Sabi nya sabay tulak sakin.

Tignan mo tong tao na to. Makatulak wagas. Muntik pa kong masubsob. Tignan ko sya ng masama pero nginitian lang nya ko.

*Batang kumag!*

Nagdatingan na rin ang iba. Nagsalita yung organizer sa mic kaya naman nagsitahimik na. Inumpisahan ulit sa dasal.

**"Bantayan nyo yung isa dyan. Baka makatulog na naman."** Parinig ni Blaster at nagtawanan sila.

**"Tse! Hindi ako makakatulog."** Pagtataray ko sa kanila.

Tumingin na kami sa harap ng bahagyang umubo ang organizer para agawin ang atensyon namin.

**"Let's talk about something that everyone can relate."** Sabi nung may hawak sa mic. **"...very common and known to this world."**

Alam ko yan! Alam ko yan! PERA!

**"...Love."**

*Ay korni.*

Bigla nalang tumayo si Ci-N. Nakataas ang dalawang kamay habang sumisigaw ng...

**"WALANG FOREVER!"**

Agad na nagtinginan ang mga tao sa kanya. Kasabay ng malakas na tawanan at palakpakan.

*Shutanginames!*

"*Wooooh!*"

"*Hahaha...*"

Pati organizer natawa nalang din sa kanya. Tinignan ko sya ng masama pero mukang proud pa talaga sya sa ginawa nya.

**"...PERO KAMI NI RAKKI MERON! I LOVE YOU RAKKI SAN DIEGO!"**

Nasampal ko nalang ang noo ko. Ibang klase talaga. Sigurado akong mahaba-habang araw na naman to.

*Kahit kelan talaga!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 179

**Author's Note:** NO EDIT!

**Truth or Dare**

***Jay-jay's POV***

Bwisit tong Batang Kumag na to. Takaw eksena ang lintik. Ang bilis nga lang ng karma nya.

**"Rakki! I love you!"** Sigaw ni Ci habang hinahabol si Rakki.

**"Lumayo ka sakin! Kainis! Nakakahiya ka!"** Sigaw naman ni Rakki sa kanya habang tumatakbo palayo.

Nakatanaw lang naman kami sa kanila. Pati ibang tao nanunuod lang din habang napapailing. Ang lakas din kasi nila maka-agaw ng eksena.

Kasalukuyan kaming nakapila. Lunch na kasi at sa haba ng sinabi ng organizer----wala akong naintindihan. Puro *Love* keneme lang naman ang sinabi nya. Meron pang nag-aminan ng feelings pero syempre walang tatalo kay Ci-N.

**"Jay..."** Tawag sakin ni David habang inaabot ang tray.

Kinuha ko yun at agad na namili ng kakainin. Malayo pa ko pero tanaw na tanaw ko ang lechon. Bes! Lechon!

*Nagmamantika!*

Habang nilalagyan ng pagkain yung tray ko, hindi maalis yung tingin ko sa lechon. At dahil gutuman ang tropa nyo, hindi pa kami umaalis sa pila---kumakain na ko.

Woooooohhh!! Lapang mga Bes!

**"Maupo ka kaya muna."** Sabi ni Keifer sakin. **"...hindi pa tayo nakakaalis sa pila, nangangalahati na yan."**

**"Bakit ba nangingialam ka?"** Inis na tanung ko sa kanya.

Inirapan nya ko sabay abot ng bottled water. **"Takaw."**

Hindi ko nalang sya pinansin at nagtuloy nalang. Bago pumunta sa pwesto namin, hinintay muna namin yung iba.

Dahil matagal bago natapos si Ci-N----na syang pinaka-huli sa mga hinihintay namin----halos paubos na yung pagkain ko sa tray. Hindi ko na talaga kaya'ng tiisin. Ginutom ako ng sinabi ng organizer.

**"Sa wakas natapos din."** Inis na sabi ni Calix.

**"Tara na! Tara na!"** Aya ni Edrix.

Naglakad na kami pabalik sa pwesto namin. Nakakailang hakbang pa lang ako ng bigla'ng lumipad yung tray ko papapunta sa ere at diretsong lagapak sa sahig.

*Yung pagkain ko!*

**"Ooopps! Sorey."** Nakatawang sabi ni Freya.

Gusto kong magalit sa kanya at sugurin sya pero nanaig ang lungkot sa puso ko. Lungkot dahil sahig nalang ang nakinabang sa pagkain ko sa halip na sikmura ko.

**"Eto na naman po tayo."** Dinig kong bulong ni David.

Nasa nakataob na tray pa rin ako nakatingin. Kahit nakakain na ko ng mahigit sampung subo----ng kanin at ulam----hindi pa rin sapat yun. Lalu na't meron pang natitira.

Alam kong maraming nagugutom sa mundo. Hindi dapat nagsasayang ng kakainin. Hindi dapat magsayang ng lechon. Naisip ba nya ang dinanas ng Baboy na yan bago sya katayin? Ang preparasyon nya para maging masarap sya? Marami syang pinagdaanan----mantika! Apoy! Baga! At kawayan!----lahat ng yan nasayang ng dahil kay Freya'ng IMPAKTA!

Tinignan ko sya ng masama. **"Tanga mo!"** Sigaw ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

**"Excuse me?!"** Iritang sagot nya sakin.

**"Alam mo bang hirap ang Baboy na yan magpataba para lang maging lechon?!"** Sabi ko habang nakaturo sa ilang piraso ng lechon sa sahig.

"*Anu daw?!*"

"*Yung lechon.*"

"*May hugot si Jay-jay sa lechon.*"

**"...muntik pa syang hindi mapili dahil may mas malaki pa sa kanya! Muntik pa syang malulong sa labis na kalungkutan!"** Dagdag ko.

Halos lahat sila takang nakatingin sakin at sa tinuturo ko. Hindi ko mapigilan ang inis ko.

*Yung lechon!*

**"What the hell are you talking about?!"** Inis na tanung ni Freya.

**"Malamang ayan!"** Sagot ko at dinuro-duro ang ilang pirasong lechon. **"...Ganyan ka naman eh! Hindi mo ba naisip yung damdamin ng Baboy na yan ng mapili syang maging Lechon? Syempre sobrang saya."**

**"HUH?!"** Sabay-sabay na sagot ng mga tao sa paligid ko.

Mga wala kayong puso! Ang alam nyo lang kasi kumain ng kumain.

**"Anu sa tingin mong mararamdaman nya ngayon kapag nalaman nyang hindi sya kinain?! Na natapon lang sya sa sahig?!"** Pagpapatuloy ko. **"...Masasaktan yun! Syempre hindi mo alam yun dahil sarili mo lang iniisip mo!"**

Nakatangang nakatingin sa akin ang lahat. Gulong-gulo sa mga naririnig nila mula sa akin. May ilang beses ding kumurap si Freya bago magsalita.

**"What...the...fvck?!"** Tumaas ang isang kilay nya. **"Anung connect ng mga pinagsasasabi mo sa ginawa ko?"**

Nagsalubong na sa inis ang kilay ko. **"Connect? Walang connect! Walang internet hindi bayad!"**

May naramdaman akong kamay na humawak sa balikat ko. Tinignan ko yun at nakita ko si Ci-N. Bahagya syang nakayuko at parang nakikisimpatya sakin.

**"Jay..."** Panimula nya. **"...kung anu man yang pinagdadaanan mo sa lechon..."** Huminga sya ng malalim. **"...ikain mo nalang, kasi hindi namin maintindihan."**

Magsasalita palang sana ako ulit pero inakbayan ako ni Yuri na parang pasakal sa leeg ko ang braso nya. Inis ko syang tinignan.

**"Tara na! Wag kang madrama."** Sabi nya at pilit akong hinatak paalis.

Sinubukan kong manlaban pero sobrang higpit ng pagkaka-akbay nya sakin.

**"Crazy."** Dinig ko pang sabi ni Freya.

Wala akong nagawa kundi ang maglakad kasabay ng mga pesteng Ulupong na to. Hindi pa ko tapos eh! Hindi pa ko tapos ipamuka kay Freya yung pinagdaanan ng Lechon na yun.

Pagbalik sa pwesto namin, cross arm akong pasandal na naupo. Salubong din ang kilay kong nakatingin sa mga Section A.

*Kala nyo... Mumultuhin kayo ni Piggy.*

May bigla'ng nag-abot sakin ng tray na may pagkain. Pagtingin ko si Keifer at seryosong nakatingin sakin.

**"Bakit mo binibigay sakin?"** Tanung ko.

**"Para hindi ka na sumibangot."** Bored nyang sagot.

**"Panu ka?"**

**"I'm full. I ate too many rice this morning."**

Ayoko sana. Kasi nga pagkain nya yun tapos ako kakain. Kayalang kasi nabitin ako sa kinakain ko kanina. Patalsikin daw ba kasi ni Freya sa ere, edi wala ng natira sakin.

**"Hati nalang tayo."** Suggestion ko.

Nagbuntong hininga sya at naupo sa tabi ko. Nakangiti akong kinuha yung tray sa kanya at nagsimulang kumain. Binalik ko sa kanya yun matapos sumubo ng isa hangang dalawang beses.

Parang nung unang beses lang na naghati kami sa pagkain. Salitan kami sa pagsubo. Pareho kaming gutuman nun at walang choice kundi ang maghati.

*Pero bakit ko nga ba sya hinatian nun?*

Bigla nalang nyang pinitik ang noo ko. Napahawak ako dun at agad ko syang tinignan ng masama. Ang sakit ng ginawa nya, hinayupak lang?

**"Aray ah! Inaano kita?!"** Inis na tanung ko sa kanya.

**"Ngumingiti ka mag-isa."** Sagot nya na pinagtaka ko.

Ngumingiti? Grabe! Naalala ko lang yung hatian namin ng pagkain tapos napangiti na ko ng hindi ko namamalayan. Anu ba yan?! Nakakahiya!

Inagaw ko nalang sa kanya yung tray at kumain. Baka kung anu isipin nya sa ginawa kong pagngiti.

Pagkatapos ngumiti----este kumain, bumalik na kami sa camp site namin. Hindi naman kasi kami kasali sa Activity keneme nila.

Bigla nalang nagtakbuhan sila Ci-N, Eren at Calix sa duyan ni Yuri. Akala namin kung anu yun pala nag-uunahan lang sa pagsakay.

**"Ako nauna!"** Sigaw ni Eren.

**"Ako kaya! Alis nga!"** Sagot ni Calix.

**"Ako! Ipapakulam ko kayo kay Jay-jay Barakuda!"** Sigaw ni Ci at agad na nagtawanan ang mga talipandas.

*Batang Kumag!*

Kainis tong bata na to. Pinaalala pa yun sa lahat. Hindi rin naman sila nakahiga sa duyan dahil lumapit sa kanila si Yuri at pinaalis sila para sya ang makahiga.

*Anu kayo ngayon?! Buti nga sa inyo!*

Kanya-kanya kami ng pwesto. Yung iba natulog dahil napuyat daw sila sa ginawa ko kagabi. Yung iba naman naglaro ng baraha----yung walang pusta. Meron namang nagkukwentuhan at syempre kami ni Ci-N yun.

**"Anung sabi mo sa kanila?"** Tanung nya tungkol dun sa school play namin na ginampanan ko.

**"Sabi ko, ayoko. Wala ako alam sa ganun."** Bored kong sagot.

**"Panu ka nila napapayag?"**

**"Sinumbong nila ko sa adviser namin. Kakausapin daw nila si Lola kapag hindi ako pumayag."**

**"Bakit ba ikaw napili nila?"**

**"Syempre... Para makaganti sakin. Gago yung mga classmate ko na yon."**

**"Anu namang kwento yung ginawa nyo?"**

**"Gawa nila. Tungkol sa isang dilag na hindi kumukupas ang ganda. Ako yung gumanap sa mangkukulam na version tapos yung maganda sa klase namin yung magandang version."** Paliwanag ko ng may halong inis.

Kasi naman! Maganda pa ko dun sa kaklase ko na yun tapos ako yung pinili nila sa mangkukulam na version. Mga Kinginames talaga nila!

**"Huhulaan ko linya mo sa play."** Nakatawang sabi ni Ci.

Hinintay ko naman sya habang bored na nakatingin sa kanya. Umupo pa sya ng maayos bago magsalita.

**"*Ako si Barakuda at kailangan ko ng birhen kapalit ng walang hangang buhay.*"** Pang-gagaya nya sa mga sinabi ko na narinig ko din sa video.

Napangiwi ako. Tuwang tuwa kasi sya sa mga sinabi nya. Tumataas-taas pa ang kilay nya habang nakanganga.

**"Mahaba yun! Hindi lang yan yon. Nakalimutan ko lang yung ibang line."**

**"Anu nga palang sabi nila nung umakyat ka ng stage na lasing?"** Tanung nya pa ulit.

**"Wala."**

**"Wala? Bakit wala?"**

**"Huli na nila nalaman. Nung tapos na yung program, bigla nalang kasi akong nawala."**

**"Saan ka nagpunta?"**

**"Sa banyo. Sumuka kasi ako ng sumuka. Ang tsismis pa nga, buntis daw ako."**

**"Anung sabi mo?"**

**"Sinabi ko yung totoo, nakainom ako. Wala naman naniwala kasi mas nanaig yung tsismis na buntis ako."**

Bigla nalang syang tumawa ng malakas. May pahampas-hampas pa sa hita nya. Hindi ko sya masisisi, mga wala kasing isip yung mga kaklase ko nun.

*Kahit hangang ngayon naman yata wala.*

Boyfriend ko na kasi si Cyrus nun. Akala naman nila may ginagawa na kaming milagro. Jusme! Ni hindi nga kami nag-holding hands ng hinayupak na yun. Sya rin ang nagdala ng alak non at pinainom ako pampatanggal daw ng kaba.

Kung anu-anu nalang ang napag-usapan namin dala ng pagkainip. Panay din ang kwento nya tungkol sa condo nya at sa pamangkin ng taga-linis nya----Veronica daw ang pangalan.

**"...mas bata sya sakin. Kapag wala ang Tita nya sya ang naglilinis----"**

**"Bakit mo ba sya kinukwento sakin?"** Putol ko sa sinasabi nya.

Napunta na kasi yung usapan kay Veronica, eh hindi ko pa naman sya nakikita. Kakaiba din magkwento tong bata na to. Kusang naiiba yung topic na hindi ko namamalayan.

**"Wala lang."** Mabilis nyang sagot sakin.

**"Baka naman crush mo yung Veronica?"** Pang-aasar ko sa kanya.

Pinandilatan nya ko ng mata. Natawa nalang ako ng bigla syang namula. Insumbong ko kaya kay Rakki to?

**"WALA!"** Malakas nyang sigaw na akala mo kay kagalit. **"...wag ka ngang anu dyan! Baka makarating kay Rakki yan..."** Pahina ng pahina nyang sabi habang nakanguso.

Tinawanan ko nalang sya. Guilty kasi! Isang beses pa lang akong nagtatanong tapos ganun na yung reaksyon. Simpleng paghanga lang naman yun kaya walang problema. Tsaka bata pa naman sya.

Tinulak-tulak nya ko ng parang bata na nagpapa-alis ng kalaro. Sa halip na mainis sa kanya lalu lang akong natawa. Nakayuko kasi sya at pilit tinatago ang muka.

**"Panu na si Rakki nyan? May Veronica pala."** Pang-aasar ko sa kanya.

**"Crush lang naman yun... Kay Rakki pa rin ako."** Nakanguso nyang sagot.

*Edi umamin ka din.*

Napapailing nalang ako. Hangang sa meron akong biglang naalala. Yung gabing nag-dinner kami ng pamilya nya.

**"Ci... Naalala mo yung sinabi sakin nung Dinner natin kasama sila Kuya Angelo at Family mo?"** Tanung ko.

Sandali syang tumahimik na parang nag-iisip. Hindi pwedeng hindi nya makalimutan yon. Dahil natadtad ng tanong ang isip ko non.

Sabi nya patawarin ko daw sila at malaki ang kasalanan nila sakin. Hindi naman nya nilinaw yun. Kaya hangang ngayon litong-lito ako.

Bigla nalang syang tumayo at diretsong nakatingin sa isang direksyon. Akala ko kung bakit kaya tumayo din ako. Pinagpag ko pa ang damit ko.

**"Bakit?"**

**"C-cr lang ako."** Paalam nya at mabilis na tumakbo paalis.

Sobrang obvious na umiiwas na naman sya sa mga katanungan ko. Nakaramdam ako ng inis. Badtrip kasi!

Kinuha ko nalang yung cellphone ko at tinignan ang oras. Maga-apat na oras na pala kaming nagku-kwentuhan ng mokong na yun.

Nakita ko si Felix na sisindihan na yung kumpol ng sanga sa gitna. Nagsisimula na rin kasing dumilim. Si Eman naman nagsimula ng ayusin ang lulutuin nya. Agad akong lumapit sa kanya para tumulong.

**"Haba ng kwentuhan nyo ni Ci."** Komento ni Eman habang inaabot sakin ang mga paper plates----para wala ng hugas-hugas, diretso nalang sa apoy.

**"Daldal eh!"**

Nag-nod lang sya at nagpatuloy na. Parang mga bakasyonista naman yung ibang Ulupong. Kakagising lang kasi mula sa pagkakatulog at todo inat pa.

Habang nagluluto si Eman, bumalik si Ci-N na humahangos at parang nakipag-karera. Pawis na pawis na hirap na hirap maghabol ng hininga.

**"Anyare?"**

**"Laro tayo!"** Aya nya habang nakangiti.

"*Umandar na naman ang pagiging bata.*"

"*Kala ko naman kung anu.*"

"*Ikain mo nalang yan.*"

Parang bata na nagpapadyak si Ci. Napataas ang isang kilay ko sa inaasta nya.

**"Sige na! Nakita ko sila don sa hall! Naglalaro sila ng truth or dare!"** Pagpipilit ni Ci.

**"Sinong sila?"** Tanung ni Calix.

**"Edi yung mga kasali sa activity."**

Yung mga ibang Section. Kami nga lang pala kasi ang hindi.

**"Sige na! Please..."** Pagpipilit ni Ci at tinignan ako na parang nakiki-usap.

**"O-okay lang sakin. Wala naman masyado ginagawa."** Sabi ko at tinignan yung iba.

Bored namang sumang-ayon yung iba. Tinignan ko yung Hari na sumang-ayon din. Si Yuri na ngumiti at nag-nod. Yung iba naman kamot ulo lang at halata'ng napilitan.

Kumain muna kami bago simulan ang larong gustong gawin ni Ci-N. Inayos din namin yung paligid. Nakapabilog kami sa bonfire.

May kinuha sila sa cooler na alak. Sabay-sabay pa silang tumingin sakin at bigla nalang nagtawanan.

*Sige! Apihin nyo ko.*

**"Ha.ha.ha.ha."** Sarcastic na tawa ko sa kanila.

**"Ayos lang yan."** Sabi ni David at ginulo ang buhok ko bago umupo sa tabi ko.

**"Eto na! Eto na!"** Sigaw ni Ci-N kaya lahat kami tumingin sa kanya.

Inaalog nya ang isang bote ng Pepsi. Para bang tinatanggal nya yung spirit. Nakatingin lang kami sa kanya hangang sa buksan nya yun at haluan nya ng toyo.

"*Hoy! Ci-N!*"

"*Kadiri naman yan!*"

"*Sala-Ola!*"

**"Kadiri ba? Eto lang naman ang iinumin ng hindi gagawin yung Dare o sasabihin ang Truth."** Sabi nya habang binabalandra samin ang bote ng Pepsi na may halong toyo.

**"Kadiri ka. Umpisahan na nga natin ng matapos na."** Bored na sabi ni Josh.

**"Explain the mechanics."** Sabi ni Felix.

**"Ganito..."** Pinahawak ni Ci ang bote kay Drew na nasa tabi nya. **"...kakanta tayo habang pinagpapasa-pasahan ang bote. Kapag huminto ang kanta kung sinong matapatan ng bote, syang tatanungin ng Truth or Dare."**

**"Bago'ng-bago ah?"** Sarkastiko'ng komento ni Denzel.

**"Umpisahan na!"** Masayang sabi ni Ci at naupo sa tabi ko.

Kinuha nya ang cellphone at nagpatugtog ng kung anu-anu. Sinasabayan naman namin yun at minsan ay pumapalakpak pa.

Pinagpasa-pasahan ang bote. Merong mabilis magpasa at yung iba parang nanadya na bagalan bago ibigay sa katabi.

Bigla nalang namatay yung tugtog at huminto kaming lahat sa pagkanta. Huminto din ang bote kay....

*Josh.*

**"Truth or Dare?"** Sabay-sabay naming tanung.

**"Truth."** Mabilis nya'ng sagot.

Ang katabi nya ang unang magtatanung sa kanya. Kapag walang tanung pwedeng mag-pass nalang para yung sunod na katabi ang magtanung.

*Ayos tong laro na to!*

**"Bakla ka ba?"** Diretsong tanung ni Blaster.

Malakas na tawanan ang sinagot naming lahat. Kung hindi ba naman abnormal. Bahagya akong tumingin kay Kit at Mayo pero nakikitawa lang din sila.

Hindi ako sigurado kung pinapakita lang nilang hindi sila affected o talaga'ng wala lang sa kanila.

**"Hindi."** Casual na sagot ni Josh.

**"Bakit wala ka pa ring girlfriend?"** Tanung ni Drew.

**"Dahil sa kanya..."** Seryosong sagot ni Josh habang nakatingin sa apoy. **"...alam na siguro ng iba sa inyo yon."**

*Ako hindi pa!*

Bigla nalang naging seryoso ang lahat. Wala akong alam sa sinasabi nila. Kaunti lang din kasi ang naririnig ko tungkol kay Josh.

Alam kong may sixth sense o third eye daw sya. Meron syang naging girlfriend pero namatay daw yun sa isang aksidente.

*Hindi kaya yun ang tinutukoy nya?*

**"Pero... Pre. Matagal na syang patay diba? Baka gusto mong mag-move on."** Sabi ni Felix.

Sya nga yung tinutukoy nya. Mapait na ngumiti si Josh at umiling.

**"Madaling sabihin pero mahirap gawin."**

Walang nagsalita samin. Sobrang nakakailang. Para bang nabuksan ang dating sugat at nilagyan ng asin. Kahit hindi sya magsalita, ramdam kong bumalik yung sakit na naramdaman nya nun.

**"Magtanung na kayo, para matapos na to."** Basag nya sa katahimikan.

**"T-totoong my third eye ka?"** Tanung ni Mayo.

Hindi na nasunod yung hilera ng magtatanung. Para kasing ayaw na magtanung nung iba. Bahala na kung sinong gusto'ng mauna.

**"Yeah..."** Bored nyang sagot. **"...nasa lahi na yata namin yun. Kapatid, pinsan at tito ko meron. Parents ko lang ang wala."**

Nagtaas ng kamay si Ci-N. **"Anu yung unforgetable na nakita mo?"**

Sandaling sumeryoso si Josh at tumitig kay Ci. Para bang mali yung tinanung nya o dapat hindi yun ang tinanung nya.

**"Kamatayan ng isang tao."** Diretsong sagot nya na nagpakilabot sakin ng husto. **"...At ayoko non."**

*Shit lang! Kawirduhan level: 10000.*

**"Damn! That was creepy."** Komento ni Eren.

**"Ako may tanung."** Sabi ko na umagaw ng atensyon nila.

Tinitigan ako ni Josh. Kita ko din ang halong galit sa mga mata nya. Ayoko sana itanung to sa harap nila pero wala naman akong pagkakataon na makausap sya ng sarilinan.

**"Bakit ka nagagalit sakin?"**

Lumipat ang tingin nila sa kanya. Hinihintay nila ang isasagot nya. Ganun din ako. Alam ko naman, pansin din nila ang bigla-bigla'ng pagsusungit nya sakin.

**"Simple lang... Nasisira ang Section namin dahil sayo."**

**"Josh!"** Halos sabay na sigaw ni Yuri at iba pa.

Hindi ako nasaktan sa sinabi nya. Wala ding naging epekto sa nararamdaman mo. Alam ko na yun, una pa lang.

**"Totoo naman... Ginugulo mo kami."** Dagdag nya pa.

**"Enough!"** Nag-echong sigaw ni Keifer.

Lahat kami sa kanya tumingin. Grabe! Kuya Angelo lang? Masama ang tingin nya kay Josh at ganun din to sa kanya. Ngayon ko lang nakita na tumingin ng ganyan si Josh sa kanya. Eto lang din ang unang beses na mukang lalaban sya ng titigan.

*Angas ah!*

**"Kung wala na kayong itatanung kay Josh, bumalik na tayo sa laro."** Sabi ni Yuri at muli kaming umayos ng upo.

Hindi ko alam kung saan kami dadalin ng laro na to. Pero malakas ang kutob kong hindi to matatapos ng walang nangyayaring gulo.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 180

**No more secrets**

***Jay-jay's POV***

**"...Mag-twerk it like miley ka!"** Sigaw ni Ci-N kay Blaster.

Patuloy pa rin kami sa paglalaro ng Truth or Dare. Sa kabutihang palad hindi pa ko nahihintuan ng bote. Pang -pito na si Blaster sa nahintuan ng bote ngayon.

Mukang nagising naman ang diwa nung ibang inaantok at ginanahan maglaro. Malakas ang kantyawan nila. Lalu na nung sumayaw si David ng Budot Dance.

**"Sayaw na!"** Sigaw ni Felix na nakahanda na ang cellphone sa pagkuha ng video.

Walang nagawa si Blaster kundi ang mag-twerk. Malakas ang tawanan namin dahil para lang siyang nirarayuma sa balakang. Ang tigas ng sayaw nya.

**"Tama na nga! Nakakapikon yung sayaw mo!"** Sigaw ni Calix na nakatawa.

Kamot batok naman na tumigil sa Blaster. Balik siya sa upuan at sinimulan na naman ang pasahan ng bote at kantahan.

At kundi ba na nanadya ang mga Gago. Binilisan nila ang kanta at biglang huminto paglipat sakin ng bote.

*Hinayupak!*

Nagpapalakpakan pa ang mga herodes habang malakas na tumatawa. Sinadya nila to, SINADYA! Mga talipandas! Kanina pa nila gustong pahintuin ang bote sakin pero laging natatapat sa mga katabi ko.

**"Ako una magtatanung?!"** Sigaw ni Rory habang nakataas ang kamay.

**"Teka! Hindi pa ko nakakapili kung Truth or Dare!"** Reklamo ko.

**"Handa ka bang magsayaw kagaya ni Blaster?"** Tanung ni Felix.

**"Sabi ko nga... Truth na nga!"**

Peste tong mga to. Hindi man lang ako binigyan ng choices. Pero mas okay na yung Truth baka kung anu ipagawa nila sakin kapag nag-Dare ako.

Hinintay namin yung tanung ni Rory. Kayalang ang walang hiya inuna pa ang pagtawa kaya muka kaming tanga na nakatingin sa kanya.

**"Jay..."** Panimula nya habang tumatawa pa rin. **"...ilang beses na kayo nag-kiss ni Keifer?"**

*Ay putana!*

Minsan talaga, masarap manapak ng kaibigan. Yung mga kaibigan na malakas ang trip sa buhay. Sa sobrang lakas ng trip pati ikaw idadamay. Ang mga kapwa naman nya Ulupong malakas ang tawanan.

**"Animal ka!"** sagot ko sa kanya.

**"Hindi yan ang sagot."** sabi ni Ci-N habang nakatawa sakin.

*Parang tanga!*

Bakit ko sasagutin 'yon? Abnormal ba sila? Kung hindi ko tropa 'tong mga 'to mababastos siguro ako. Pasalamat nalang sila at alam ko na mga ugali nila.

**"Ayaw sagutin. Iinumin ni Jay-jay yung Pepsi."** sabi ni Edrix.

**"Ay ayoko!"** mabilis kong tanggi. **"...Parang tanga naman kasi yung tanong niyo!"**

**"Si Keifer na lang tanungin natin."** sabi ni Denzel at lahat kami tumingin sa kanya.

Naka-cross arm lang siya habang bored na nakatingin samin.

**"May ginawa na ba kayo ni Jay-jay?"** tanong ni Drew.

*Ay Gago!*

Ang bored na itsura niya, unti-unting napalitan ng ngiti. Diretso ang tingin niya sakin at para bang nagyayabang.

Subukan mo lang banggitin yang *New Year anu-han* natin! Lilipad 'tong bote ng Pepsi palapit sa muka niya.

**"Ang ganda ng ngiti... Mukang may something."** pang-aasar ni Calix.

**"Wala!"** sigaw ko.

Ang lakas kasi maka-gago ng ngiti ni Keifer. Busit! Isama pa yung mayabang niyang tingin. Para na rin siyang nagbigay ng clue.

**"Sagutin mo na lang kasi ang tanong namin."** sabi ni Rory.

**"Hanggang halik lang! Wala pa nga akong experience!"** pasigaw kong sagot at nagtawanan sila.

Mali yata na sinabi ko pa ang huling parte. Mas lalong lumakas ang tawanan nila at malamang na asarin na naman nila ko. Ramdam ko ang pag-init ng pisngi ko kaya yumuko ako.

*Sobrang nakakainis!*

Ngayon ko ramdam ang hirap ng nag-iisang babae sa Section namin. *Badtrip! Badtrip! Badtrip!*

**"Naghanap ka pa ng birhen kagabi. Sana pala sarili mo nalang inalay mo."** sabi ni Blaster at tumawa ng malakas.

**"Ako naman magtatanong."** sabi ni David.

Bahagya akong tumingin sa kanya habang nakayuko. Nakangiti siya kahit na mababakas sa muka ang pagiging seryoso niya.

**"Kung wala ba si Keifer. May pag-asa ba ko sa'yo?"** tanong nya.

Mas lalung nag-init ng pisngi ko. Napaiwas ako ng tingin kasabay ng malakas na tibok ng puso ko. Ramdam ko ang titig sakin ni Keifer at Yuri.

Hindi ko alam kung bakit, pero kinakabahan ako ng sobra sa tanung nya. Naghihintay din ng sagot yung iba.

Sa totoo lang hindi ko masagot kahit sa sarili ko lang. Mabait sakin si David, kasama namin sya ni Ci-N sa mga kalokohan. Nililibre nya kami kahit walang espesyal na okasyon. Kahit seryoso'ng seryoso ang muka nya, ramdam kong nage-enjoy din sya'ng kasama kami.

Pero kahit saan ko tignan, parang wala naman ibang meaning ang mga yun. Magkaibigan lang kami at ganun din naman ang tingin nya sakin.

Kung sasabihin kong *hindi*, baka sumama ang loob nya sakin. Kung sasagot naman ako ng *Oo*, hindi rin naman ako sigurado at baka umasa sya.

Bigla nalang syang tumawa kaya napatingin ako sa kanya. **"B-bakit?"**

**"Hindi mo naman kailangang seryosohin yun."** Sabi nya kaya medyo gumaan ang loob ko.

Tumawa nalang ako kahit pilit. **"W-wala... Eh Ulupong ka din kasi."**

Nakitawa naman bigla ang mga pesteng Ulupong kahit halatang plastic yung iba. Napailing nalang si David sa mga pinag-gagagawa nila. Ang lakas kasi ng mga tama nila sa utak.

**"Anu yung Ulupong?"** Tanung ni Ci-N na nasa tabi ko.

*Nga-nga!*

Hindi nga pa nga pala nila alam na sila ang mga tinutukoy kong Ulupong. Baka magalit sila sakin kapag nalaman nila yun.

**"A-anu... Ahas talaga ang meaning non pero... samin ginamit ng mga matatanda yun para ibansag sa mga luko-luko."** Paliwanag ko.

**"What the..."** Bigla'ng sabi ni Keifer. **"...You called me *Hari ng mga Ulupong*."**

Taka namang napatingin sa kanya yung iba. Hindi ko pa nga pala sinasabi sa kanya ang meaning nun. Akala ko kasi nakalimutan na nya na sinabi ko yun. Nagpilit ako ng ngiti at baka sakaling madaan sa pagpapa-cute.

*Yun eh, kung cute nga!*

**"...So you mean Hari ako ng mga Luko-luko?!"** Inis na tanung nya.

Mas nilakihan ko pa ang ngiti ko. Labas gilagid kung kailangan. Kayalang mukang hindi gumagana, masama na kasi ang tingin nya sakin.

**"H-hindi naman sa----"**

**"Teka lang!"** Putol ni Felix sa sasabihin ko. **"...Kung si Keifer ang Hari. Kami ba yung *MGA* luko-luko?"**

*Lagot!*

Titig na titig ako sa kanila. Hindi ko magawang ikurap ang mata ko. Nag-aalangan akong umo-o dahil paniguradong magagalit sila sakin at gagantihan nila ko.

Bakit ba kasi nagbansag ako ng ganun sa kanila?

**"Kami nga ano?! Tama ako!"** Sigaw ni Felix.

Napayuko nalang ako sa kahihiyan.

"*Luko ka Jay!*"

"*Ganda ng bansag mo samin.*"

"*Ulupong pala ah!*"

"*Yari ka samin.*"

**"J-joke lang naman yun ih!"** Paliwanag ko.

**"Naku! Tsk! Tsk!"** Sabi ni David at halatang nananakot.

Wag kang ganyan uy! Wag ka nananakot. Masama yan, lalu na sa mga taong takot na.

**"Dahil dyan... Kailangan mong sagutin lahat ng magiging tanung namin."** Sabi ni Ci.

**"Diba nagtanung kana?"** Tanung ni Drew sa kanya.

**"Hindi counted yun."**

**"Wag ka madaya!"** Sita sa kanya ni Denzel.

**"Basta hindi counted yun!"** Pagpipilit nya at humarap sakin. **"...sabihin mo! Sinong pinaka-gwapo samin?"**

**"Ay naku Ci! Alam mo na ang sagot dyan. Syempre ako!"** Sagot ni Calix.

**"Ha?! Saang banda?!"** Tanung Rory habang sinisipat ang muka nya. **"...wag kang bulag Brad. Kaharap mo na ang pinaka-gwapo."** Patukoy nya sa sarili nya.

At nagsimula na nga ang payabangan. Hindi ko na nasagot ang tanung dahil pinipilit nila na ang mga sari-sarili nila ang *pinaka-gwapo.*

*Wala eh! Ga-gwapo nila. Kahiya!*

**"Wag na nga yang tanung na yan!"** Inis na sabi ni Yuri. **"...nagkakagulo lang kayo."**

**"Sige, iba nalang."** Sabi ni Ci. **"...sino nalang pinaka-panget."**

Mabilis ang turuan ng mga walang hiya. Kanya-kanya'ng tapat ng daliri. Meron pang aksidenteng dumiretso sa butas ng ilong.

"*Wag ka pa-humble, umamin kana.*"

"*Hindi pre... Umamin kana noon.*"

"*Wag kana magsalita. Kita'ng kita naman.*"

Sa dami ng turuan nila, majority ang daliring naka-turo kay Ci-N. Kaya ganun nalang ang laking sibangot nya sa lahat.

*Nice! Kawawang Ci.*

**"Maka-turo ng panget..."** Sabi nya at kumapit sa braso ko. **"...Jay-jay oh! Inaapi nila ko."**

Parang bata na nagsumbong sa magulang ang itsura nya. Napangiwi ako sa ginawa nya. Muka ba akong magulang nya?

**"Ako naman magtatanung."** Sabi ni Kit at nalipat ang atensyon sa kanya. **"...Yung peklat sa likod mo. Saan mo nakuha yon?"**

**"Anung peklat?"**

**"What?"**

Halos sabay na tanung ni Yuri at Keifer. Hindi nga pala nila alam ang tungkol don. Hindi naman sila sumama sa munting swiming namin.

Walang nagsalita. Lahat nakatingin sakin at hinihintay ang isasagot. Kaibigan ko silang lahat. Sa totoo lang dapat meron din silang alam sakin, pero kahit anung gawin ko andun pa rin yung takot. Yung takot sa kung anung iisipin nila tungkol sakin.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Keifer.

Nayuko lang ako at nakatingin sa mga kamay ko. Pinaglalaruan ko yon at paminsang tinatago sa likod ko.

**"N-nung bata kasi ako..."** Panimula ko. **"...nagising ako sa ospital."**

Hindi ko alam kung dapat ko pang ituloy. Hindi sa takot akong uminom ng Pepsi na may Toyo, mabigat lang kasi sakin.

*Sobrang bigat.*

Pero malaking bahagi ko ang nagsasabi na magsalita na ko. Kaibigan ko naman sila at halos pamilya na rin ang turing ko. Wala naman sigurong masama kung magsasalita ako ng tungkol sa nakaraan ko.

**"...Hindi ko alam kung anu yung totoong nangyari sakin. Ilang beses nila kong tinanung at nagbanggit sila ng mga pangalan----pero wala akong kilala sa mga yun..."** Pagpapatuloy ko. **"...marami akong sugat sa katawan----kasama na yung sugat sa likod. Matagal bago ako lumabas pero sa halip na iuwi nila ko kay Mama, inuwi nila ko kay Lola..."**

Napabuntong hininga ako. Sobrang bigat sa pakiramdam kapag naalala ko yung panahon na nasa ospital ako. Walang araw na hindi ko hinintay si Mama na dalawin ako at kamustahin ako. Pero wala na yatang mas sasakit pa nung sinabi nila sakin na ayaw talaga nya kong dalawin.

**"...pag-uwi ko, dun ko lang nalaman yung nangyari sakin. Naririnig kong pinag-uusapan ng mga Tito at Tita ko. Binugbog daw ako ng huling asawa ni Mama. Tapos pati pala yung mga naunang asawa nya ganun din yung ginawa sakin..."** Kusang bumagsak ang luha ko. Hindi ko na napigilan pa. **"...pero ang nakakapag-taka don. Wala akong maalala sa mga sinasabi nila. Kahit isa... Sinubukan kong isipin yung mga binanggit nilang pangalan..."** Umiling ako kasabay ng pagbutong hininga. **"...pero wala talaga."**

**"Episodic Amnesia..."** Biglang sabi ni Josh kaya tumingin kami sa kanya. **"...Yun yung pagkawala ng piling bahagi ng ala-ala. Pwedeng bumalik,**

**pwede ring hindi na."**

**"H-hindi ko alam."**

**"Nagpatingin ka na ba ulit sa doctor?"** Tanung ni Yuri.

Umiling ako. **"Hindi na rin kasi namin napag-usapan ni Lola yun. 9 years old pa lang ako nun. Masyado ng matagal."**

**"Kung sinasaktan ka pala nung mga amahin mo. Hindi kaya... Pinaso ka ng plantsa sa likod?"** Sabi ni Mayo.

Ganun nalang ang kaba sa sinabi nya. Panu nga kung ganun? Nakaramdam ako bigla ng takot. Hindi ko alam kung bakit pero kakaiba yung takot sa loob ko, para bang matagal ng naka-kubli.

**"Sira ulo pala yung Stepdad mo eh!"** Galit na sabi ni Ci. **"...Wag syang papakita sakin!"**

**"Oh anung gagawin mo?"** Naghahamon na tanung ni David.

**"Hi Stepdad!"** Sabi nya habang kumakaway at nakangiti.

Nagtawanan naman kami sa ginawa nya. Kala ko kung anung gagawin nya. Ang yabang-yabang pa ng pagkakasalita nya. Kahit papano gumaan ang pakiramdam ko. Ang lakas talaga nya makabasag ng drama.

"*Sira-ulo ka Ci-N!*"

"*Tapang-tapang tapos Hi!*"

"*Kahit kelan Ci-N!*"

**"Malay ko ba dun! Hindi ko naman kilala. Syempre dapat babatiin ko muna."** Palusot nya habang ngumunguso-nguso pa.

**"Tama na nga yan!"** Sigaw ni Blaster. **"Tuloy ang laro! Hindi pa ko nakaka-ganti!"**

Bahagya kaming nagtawanan. Muling umayos ng pwesto yung iba. Sinimulan ang kantahan at pasahan ng bote.

Habang kumakanta, pinagmamasdan ko sila. Madrama mang pakinggan pero natutuwa ako na dito ako napunta sa Section na to. May ilang beses na sigurong nasabi yun pero maraming beses ko talagang ipagpapasalamat yun.

*Parte na sila ng buhay ko, pamilya na sila sakin.*

Bigla nalang yumakap si Ci-N sakin. Taka akong napatingin sa kanya.

**"Wag ka mag-alala... Pagtatanggol kita sa *Stepdads* mo na yun."** Sabi nya.

*Stepdads talaga?*

**"Sige... kapag nagkita kami ulit."** Sagot ko at ngumiti.

Ngumiti sya sakin at bumalik sa pwesto. Huminto ang pagkanta at agad naming hinanap ang bote. Ganun nalang ang gulat ko ng mapunta yon kay Yuri.

**"Truth or Dare?!"** Sabay-sabay nilang tanung.

**"Truth."** Mabilis nyang sagot.

*Pakshit!*

Bakit yun pinili mo? Malakas ang kutob kong tungkol satin ang itatanung nila. Alam ko na din na alam nya yun!

**"Ako muna!"** Sabi ni Rory. **"...Kelan ka pa nagka-gusto kay Jay-jay?"**

*Sabi na nga ba!*

**"Hindi ko alam... Siguro nung may ilang linggo na sya satin."** Casual nyang sagot.

**"Alam mo din ba na may gusto si Keifer sa kanya?"** Tanung ni Mayo.

**"Oo... Kita naman kasi."** Sagot nya at ngumiti.

Bakit parang kampante ka pa? Bigla nalang akong nakaramdam ng mabigat na presensya sa likod ko. Pagtingin ko, pailalim na nakatingin sakin si Keifer.

Agad akong tumayo at lumapit sa kanya. Hinawakan nya ko sa kamay kaya napatingin ako don. May kung ano sakin ang nakaramdam ng kakaiba. Para kasing nagagalit sya kahit kita naman ang pagiging mahinahon nya.

Bumalik ang tingin ko sa kanila ng nagpatuloy sila sa pagtatanung kay Yuri.

**"Anung balak mo ngayon? Kay Keifer na si Jay-jay."** Tanung ni Kit.

Kita ko ang pagtiing bagang nya. Pinilit nyang ngumiti para itago yon. Bigla nalang syang tumingin sakin at kasabay nun ang paghigpit ng hawak ni Keifer sa kamay ko.

**"Keifer don't own Jay-jay... Hindi pa sila kasal."** Mayabang na sagot nya.

Handa na sana akong magsalita para patigilin sila pero may nauna sakin, na sya ring naging dahilan ng pagkabigla ng bigla.

*Hindi!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 181

**Author's Note:** Thank you po sa mga cover na itey Trisha Marie Rizon.
Little_87

Eatmore2behappy
Ang Mutya
Ng
Section E

eatmore2behappy
Ang Mutya
Ng
Section E

## Midnight Convo

***Jay-jay's POV***

Naging mabait sakin ang buong Section E-----kahit puro sila kalokohan. Meron din naman akong nakaka-away bukod syempre kay Keifer at Yuri.

Si Eman noon, dahil pinaki-alaman ko yung gamit nya. Mabilis din naman kaming naging okay dahil sa pagtulong namin sa resto nila.

Si Felix, dahil syempre sa nangyari kila Aries at Percy. Naging ayos din kami ng tulungan ko syang makabalik sa basketball team.

Si Blaster, ng minsan kaming magkapikunan sa group activity pero nabawi din agad yon.

Si Mayo, dahil don sa lintik na kapour at parkour at dahil din syempre sa pagtangkang paghalik sakin ni Kit. Seloso eh! Naging okay din kami, matapos ko syang suntukin.

At ngayon, mukang meron akong bagong kaaway. Kontra sakin at parang may sama ng loob. Pero hindi ko alam na aabot kami sa ganito.

**"Kelan mo balak sabihin samin ang tungkol sa inyo?"** Tuloy-tuloy na tanung ni Josh.

**"Tungkol saan?"** Tanung nila Edrix halatang naguguluhan.

**"What are you talking about?"** Balik na tanung ni Yuri sa kanya.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Paulit-ulit na naglalaro sa isip ko kung alam ba ni Josh yung tungkol sa engagement namin.

*Imposible!*

Panu nya malaman yun? Sinugurado namin na walang makaka-alam nun. Unless nalang kung...

**"Narinig ko kayo..."** Tumayo sya at tumingin sakin bago ibalik kay Yuri ang paningin. **"...kelan nyo sasabihin sa lahat na engage na kayo?"**

"*Anu?!*"

"*Totoo ba yun?*"

"*Kelan pa?!*"

"*Nililoko nyo ba si Keifer?*"

Sunod-sunod silang nagtayuan at agad na nagpalipat-lipat ng tingin samin ni Yuri. Hinihintay kung may sasagot kahit isa samin.

*Kingina naman!*

Tinignan ko si Josh na may pakiki-usap pero inirapan lang nya ko. Anu bang nagawa ko sa kanya? Bakit ganun nalang ang galit nya sakin? Sobra ba kong nakagulo sa Section nila para magalit sya sakin ng ganito?

**"Anu?! Wala bang sasagot sa inyo?!"** Galit na tanung ni Felix.

Hindi ako makasagot. Wala akong maisip na sabihin. Kasi totoo yun! Totoo yung engagement na yun pero pinili naming ilihim sa kanila.

**"Keifer! Wala ka man lang bang sasabihin?!"** Inis na tanung ni Rory sa kanya.

**"That engagement is a deal between there family. Jay-jay and Yuri has nothing to do with it. End of discussion."** Mahinahong sagot nya.

**"Syempre alam mo... Pwede ba namang hindi."** Sarcastic na sabi ni David.

Agad syang tinignan ng masama ni Keifer. Humakbang sya palapit kay David kaya naman agad akong pumagitna.

**"Keifer! Tumigil ka!"**

**"Don't you dare talk to me like that. You think i'm stupid?!"** Galit na bunton nya kay David. **"...I know what your doing behind us. I know your working for Percy!"**

**"Anu?!"** Galit na sigaw ni Felix at agad na lumapit kay David. **"...may contact ka kay Percy?! Totoo ba yun?!"**

**"Tangina! Anu pang hindi namin alam?!"** Galit na sabi ni Drew.

**"Bakit hindi ikaw ang sumagot nyan?!"** Sigaw sa kanya ni Denzel. **"...akala mo ba hindi namin alam na nagsusugal ka na naman?!"**

**"Wala kang paki sa bagay na yon! Unahin mo yung asawa't anak mo na hindi mo naman kayang panindigan!"**

Agad na lumipad ang kamao ni Denzel sa muka ni Drew. Pumagitna si Mayo sa kanila para awatin sila.

Nagkakagulo na naman sila. Kanya-kanya ng awat sa mga nag-aaway. Nayakap lang ako kay Keifer na pilit nakikipag-talo kay David kasabay ni Felix.

**"Wag ka nga magmalinis! Baka nakakalimutan mo yung mga pinag-gagawa mo!"** Sigaw ni David kay Keifer.

Hindi na nagpa-awat ang Hari at tuloy-tuloy na lumapit kay David para makipag-suntukan. Napunta ko sa gitna. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Lahat sila nagkaka-gulo na naman. Kanya-kanya ng gulo at awat.

Ganun nalang ang panlulumo ko. Kasalanan ko to. Wala ng dapat ibang sisihin dito kundi ako. Hindi naman sila magkakaganito kundi dahil sakin.

**"Kasalanan mo to! Umalis kana sana sa Section namin nung may pagkakataon ka pa!"** Galit na sisi sakin ni Josh.

*K-kasalanan ko.*

Gusto kong sumagot sa kanya. Gusto kong ipagtanggol ang sarili ko sa mga pinag-sasasabi nya. Pero wala akong ibang nagawa kundi ang tignan sya habang kusang bumabagsak ang luha ko.

**"Wag mong pagsasalitaan ng ganyan si Jay-jay!"** Galit na sigaw ni Ci-N bago sumugod kay Josh.

Nagsusuntukan na rin silang dalawa. Pinilit ko silang pigilan pero tinulak lang nila ko palayo. Napaluhod nalang ako sa panlalambot.

**"Tama na..."** Halos wala ng lumalabas na boses sakin pero kailangan ko silang patigilin. **"...Tama na! Please!"**

Wala pa ring nakikinig. Huminga ako ng malalim para pigilin ang pag-iyak ko. Umayos ako ng tayo para makita silang lahat. Kailangan na nilang huminto.

*Tama na! Huminto na kayo!*

**"Tumigil na kayo!"** Sigaw ko pero wala pa ring pumapansin sakin. **"UTANG NA LOOB! TAMA NA!"** Buong lakas kong sigaw.

Unti-unti at pa-isa-isa tumitigil sila at humaharap sakin. Pinunasan ko ang mga pisngi kong basang basa pa rin ng luha.

**"Tignan nyo nga yung mga sarili nyo!"** Sabi ko at tinignan sila. **"...Ang babaw ng mga pinag-aawayan nyo!"**

**"Hindi mo kasi naiintindihan."** Mahinahong sabi ni Felix pero bakas pa rin ang sama ng loob.

**"Edi ipaliwanag mo! Ipaintindi mo!"**

**"Jay-jay... Sorry kung nadamay ka pa sa gulo namin----"**

Agad kong pinutol ang sasabihin ni Yuri. **"Hindi! Kung tutuusin tama si Josh... Ako yung dahilan kaya kayo nagkakagulo."**

**"Hindi ganun yun!"** Pilit ni Calix.

**"Ayan po sila!"** Sigaw ng kung sino.

Napatingin kami sa flashlight na palapit samin. Pinatay yon ng may hawak ng makitang maliwanag naman dahil sa bonfire. Naging dahilan yon para makita namin kung sino sila.

Si Sir Alvin kasama ang dalawang organizer at dalawang taga-Section A. Inayos ko ang sarili ko dahil baka mahalata nilang nagkakagulo kami.

**"Section E... Anung nangyayari dito?"** Mahinahong tanung ni Sir Alvin.

Walang nagtangkang sumagot. Kanya-kanya ng iwas. Si Yuri lang ang malakas ang loob na lumapit sa kanila. Ilang syang ngumiti at naghimas ng batok.

**"K-kaunting kaguluhan lang po. Alam nyo na... kaunting kulitan tapos may nakapikunan."** Palusot nya.

**"May nagsabi samin na nag-aaway-away daw kayo."** Sabi ni Sir Alvin at tinignan kaming lahat.

Tumingin samin si Yuri na halatang nanghihingi ng tulong. Hindi namin alam ang isasagot sa kanila.

Mukang nahalata ni Sir Alvin ang problema. Humarap sya sa dalawang taga-Section A at sa dalawang organizer.

**"Mukang wala naman tayong dapat ipag-alala. Kaunting kaguluhan lang naman."** Paliwanag ni Sir.

**"Pero Sir... Nag-aaway talaga sila kanina. Kanya-kanya'ng suntukan."** Pilit nung isa'ng Section A.

Eto pala ang nagsabi sa kanila. Panu naman nila nakita yun? Wala naman akong nakita na may ibang tao kanina.

**"Buti pa... Mauna na kayo. Maiwan muna ko dito para kausapin sila at linawin yun."** Suggestion ni Sir.

Kahit nag-aalalangan, pumayag pa rin yung organizer at taga-Section A. Umalis sila at naiwan nga si Sir Alvin. Nang masigurong malayo na sila, hinarap na nya kami at seryosong tinignan.

**"Explain what happen."** Utos ni Sir kay Yuri.

**"Nagkapikunan lang po talaga. Naglalaro kasi kami kanina."** Kamot batok na paliwanag nya kay Sir.

Tinignan nya kaming lahat at sakin huminto ang paningin nya. Napalunok nalang ako kasabay ng pagyuko. Alam kong muka akong ewan, dahil nga kakaiyak ko lang.

**"Mabuti pa magligpit na kayo at matulog. Itapon nyo yang mga bote ng alak."** Utos ni Sir habang nakaturo sa mga basyo ng bote na pinag-inuman nila.

Buti nalang at si Sir lang ang nakakita non. Kung nagkataon na isa sa mga organizer yun, baka nalintikan na kami.

Tumulong ako sa paglilinis. Naging ilag sakin ang iba at meron namang hindi ako tinitignan. Kahit hindi pa kami tapos maglinis pero pinili kong bumalik sa tent ko at kumuha ng gamit.

Gusto ko ng maglinis ng katawan. Baka sakaling gumaan yung pakiramdam ko. Patakbo akong nagpunta sa CR, yun nga lang mahaba ang pila.

*Nice!*

Napilitan akong makipila. Pero sa bawat oras na nagtatagal ako dun, pakiramdam ko bumibigat lalo ang loob ko. Sa nalaman nila na yon, alam kong iiwasan na nila ko. Pakiramdam nila niloloko ko yung dalawa.

Engage na ko pero nagawa ko pa ring makipag-landian sa iba. Ang tanga-tanga ko kasi. Pumayag pa ko sa engagement na yan kahit hindi naman talaga ako sigurado sa nararamdaman ko. Naramdaman ko ang pamumuo ng luha sa gilid ng mata ko. Agad kong pinunasan yun bago pa bumagsak.

**"...totoo! Nagkakagulo talaga sila kanina!"**

Papatingin ako sa unahan ng pila. Ang lakas kasi ng boses nito, ang lakas din maka-agaw ng eksena.

**"Nag-susuntukan sila! Hindi nga lang namin maintindihan mga sinasabi nila!"**

Bigla nalang akong kinutuban sa narinig ko. Bakit parang kami yung pinag-uusapan nila? Bahagya akong nagtago sa likod ng babaeng nauuna sakin. Tinuloy ko ang pakikinig sa pinag-uusapan nila.

**"Anu pa bang aasahan mo sa Section nila?" S**agot ng kausap nya.

**"Ang ga-gwapo sana... Mga basagulero lang."**

**"Sinabi mo pa!"**

**"Sayang nga si Grace... Dun pa napunta sa boyfriend nya. Wala naman saysay yun."**

Alam kong si Denzel ang tinutukoy nila. Sanay na ko sa mga tsismoso at tsismosa. Pero kapag pala kaibigan mo na yung pinag-uusapan, maiinis at maiinis ka.

**"Anu ginagawa nung nag-iisang babae sa Section nila?"**

**"Edi wala... Umiiyak sa gitna. Kasi nga hindi maawat yung mga classmate nya."**

**"Akala nya siguro masarap mapunta sa Section na yun. Hindi nya alam, impyerno yun."**

Bahagya silang nagtawanan. Kahit gusto kong magpatol, wala naman akong gana. Masyadong mabigat ang nararamdaman ko ngayon para makipag-away pa.

Tiniis ko ang tsismisan ng mga babaeng nasa unahan. May ilang minuto pa kong nakapila don bago tuluyang makapasok sa loob para mag-shower.

Ayaw pa rin tumigil ng usap-usapan. Nag-uumpisa na kong marindi. Nagpapantig na ang tenga ko. Meron na ring dagdag bawas ang kwento nila na hindi ko alam kung saan galing.

*Kingina! Tsismis pa!*

Natapos ako sa pag-aayos at lumabas na. Agad na tumahimik ang mga nagtsi-tsismisan. Kuwaring patay malisya.

*Ngayon deadma?!*

Nagtuloy na ko sa labas. Mabigat ang bawat hakbang ko. Para bang ayaw pang bumalik ng katawan ko sa site namin. Hindi pa ko nakakalayo sa C.R ng mapahinto ako.

Meron kasing Nuno sa Punso----I mean, may taong naka-upo sa batuhan malapit sa kinatatayuan ko. Ng maramdaman nya ang presensya ko, tsaka lang sya tumingin sakin at agad na tumayo.

Meron na kong clue kung sino sya kahit madilim sa kina-tatayuan nya. Naglakad sya palapit sakin kung nasan ang liwanag. Hindi ako nagkamali ng makita ko ang malungkot nyang muka.

**"Jay... Sorry sa nangyari kanina."** Sabi ni Yuri sakin.

Umiling ako. **"Hindi ka dapat mag-sorry. Kasalanan ko naman talaga."**

Hinawakan nya ang kamay ko. **"Jay---"**

**"Let go of her hand."**

Agad kong binawi ang kamay ko. Nakaramdam ako ng takot sa nagsalita na yun. Sabay kami ni Yuri na tumingin sa kanya. Sa galit ngunit pilit humihinahon na si Keifer.

Lumapit sya sakin at hinawakan ang kamay ko. Bahagya nya kong hinila papunta sa likod nya.

**"Yes they knew already that your engage, but that doesn't mean that you have the right to hold her hand in front of me."** Maotoridad na sabi nya.

Napayuko nalang ako. Nahihiya ako kay Yuri. Sya dapat ang gumagawa nito dahil ang fiancé ko. Pero iba ang gumagawa dahil hindi sya ang mahal ko.

**"She's not your property."** Buong tapang na sagot ni Yuri.

**"She.Is.Mine."**

Nakaramdam ako ng tensyon sa pagitan nila. Ayoko ng away, masyado na kong pagod. Pilit kong hinatak ang kamay ni Keifer.

**"B-bumalik na t-tayo."** Halos pabulong kong sabi.

Nagpalitan muna sila ng matalim na tingin. Para silang nag-iispadahan sa mga tinginan nila.

*Wag kang gigitna! Masasaksak ka!*

**"K-keifer."** Tawag ko.

Akala ko matagal pa ang gagawin nila na yon. Buti nalang at nagkusa din syang naglakad paalis. Nakasunod ako sa kanya habang nakahawak pa rin ang kamay nya sakin.

Sinubukan kong tignan si Yuri pero parang may sideview mirror itong si Keifer. Bahagya nyang hinila ang kamay ko bago ko pa man makita ng maayos si Yuri.

*Hanep! Wala akong masabi.*

Nang makalayo, buong lakas kong binawi ang kamay ko sa kanya. Agad nya kong tinignan ng masama.

**"Bakit kailangan mong gawin kay Yuri yon?"** Pilit kong pahinahon na tanung.

**"Now you're concern to him?"** Sarcastic na tanung nya.

**"Concern naman talaga ako sa kanya. Ang sakin lang nagkakagulo na nga tayo----"**

**"Pwes wag syang makigulo!"** Pasigaw nyang putol sa sasabihin ko.

Napatigil ako at takang nakatingin sa kanya. Alam kong galit sya, pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang sumigaw.

**"Anu bang problema mo?"** Inis na tanung ko.

**"Wala... Bumalik na tayo."** Mahinahong sagot nya sakin at naglakad pabalik sa site.

Naiwan akong nakatingin lang sa kanya. Malakas na naman siguro ang tama nya sa utak. Bumalik na rin ako sa site namin.

Naghahanda ng matulog yung iba pagdating ko. Merong nagliligpit pa rin at meron namang nag-uusap. Para akong biglang hindi nag-exist. Wala pumapansin sakin.

Dumiretso ako sa tent ko at pinili nalang matulog. Hindi ako sigurado kung tatabi pa rin sakin si Ci-N. Nayakap ko nalang ng mahigpit si Snorlax.

Naiiyak ako sa sobrang bigat ng nararamdaman ko. Kasalanan ko kasing lahat to. Kasalanan ko kung bakit nagkakaganito sila. Kung nag-isip lang kasi bago nagdesisyon.

*Walang utak Jay-jay!*

Dala ng sobrang bagot at kakaiyak kusa nalang akong nakatulog. Bahagya akong nagising ng maramdaman kong may yumakap sakin.

Si Ci-N ang unang pumasok sa isip ko kaya hinayaan ko nalang sya. Bumalik nalang ulit ako sa pag-tulog. Kung pwede lang sana hindi na ko magising para matapos na ang problema.

Hindi pa nagtatagal ang tulog ko. Pakiramdam ko mga dalawa o tatlong oras palang ng magising ulit ako. May naramdaman akong mainit na hangin sa batok ko. Mahigpit din ang yakap sakin ni Ci-N. Wala na rin si Snorlax na kayakap ko kanina.

Pinilit kong umikot para tignan si Ci at baka ginagawa na naman nyang dantayan sa binti nya si Snorlax. Nanlaki ang mata ko ng makita ko sino ang nakayakap sakin at natutulog sa tabi ko.

*Hindi ka si Ci-N!*

Kinagat ko ang labi ko bago pa ko mapasigaw ng malakas. Bwisit kasi! Anung ginagawa ng Hari ng mga Ulupong dito sa tent ko?

Tinapik ko sya sa braso para gisingin pero walang talab yun. Balak ko na sana syang hampasin ng malakas pero tumigil din ako agad. Ngayon ko nalang ulit kasi napag-masdan ng maayos ang muka nya.

*Bakit muka kang mabait kapag tulog?*

Bahagya kong pinindot ang matangos nyang ilong. Walang naging reaksyon ang katawan nya kaya napangiti ako. Matagal ko pang sinuri ang bawat kanto ng muka nya.

Ang kinis nya, nahiya yung pores sa muka ko. *Tinagyawat ka din kaya?* Parang mahihiya yung pimple tumambay sa muka nito. Ako kasi pa-isa-isa pero ang laki-laki. Buti nalang hindi nagmarka ng malalim sa muka ko yun.

Minsan ko lang syang nakita'ng pagpawisan husto. Pero sa halip na amoy pawis, mabango ang naamoy ko. Hindi kaya pabango ang mismong pawis nito?

Napatingin ako sa kilay nya. Naalala ko ng sinulatan ko ng marker ang muka nya. Kinapalan ko yung kilay nya. Kusang tumaas ang kamay ko para abutin ng muka nya. Ginamit ko ang daliri ko para hawakan at sundan ang guhit ng kilay nya.

Bumama ang daliri ko papunta sa ilong nya at bumagsak yun sa labi nya. Daig pa ng labi nya yung sakin, mapula at manipis. *Ilan na kaya ang nahalikan nyan?* Hindi ko inalis ang daliri ko sa mga labi nya. Ang lambot nun at parang alaga sa lip balm.

Nakaramdam bigla ng lungkot at parang kirot sa puso ko. Pag-naiisip ko yung mga naranasan nya, nalulungkot ako. Sana andun ako sa tabi nya nung mga panahon na yon. Handa akong damayan sya.

Ginamit ko ang mga kamay kong dantayan sa pisngi ko para mas matignan ko pa ng husto ang muka nya. Huminto ang paningin ko sa talukap ng mata nya.

Naalala ko yung tingin nya, yung nakakamatay at feeling mo aatakihin ka nalang sa puso kapag natignan ka ng matagal. Cold din sya tumingin minsan at parang magyeyelo ka nalang sa pwesto mo. Pero ang pinaka-gusto ko yung titig nya na parang pinapadalhan ako ng message gamit ang isip ( may meaning na tingin).

*Ang bangis nun! Pero hindi ko narereceive.*

**"Panu ka magmahal, Keifer?"** Bulong ko para hindi sya magising.
**"...ako? Hindi ko alam. Ngayon ko pa lang kasi naramdaman to."**

At hindi ko alam na ngayong mararamdaman ko to, may masasaktan din pala ako.

**"...parang hindi ko na kaya kapag nawala ka sakin."** Dagdag ko.

Napatingin ako sa labi nya at parang kusa akong na-magnet non. Unti-unti akong lumalapit sa kanya. *Tulog ka naman kaya hindi mo to malalaman.* Kaunti nalang at mawawala na ang pagitan ng mga labi namin ng mapahinto ako.

Napansin ko kasi ang labi nya ay parang gumagalaw-galaw. Tinitigan ko pa yun at kita na parang ngumunguso sya.

*Gising?*

**"Keifer."** Tawag ko sa kanya.

Hinintay ko kung gagalaw sya pero hindi. Tinignan ko din ang labi nya pero hindi na to gumagalaw. Tinitigan ko sya ng matagal hangang sa makumpirma ko ang hinala ko.

**"If you will kiss me... Do it now."** Sabi nya na parang na-mamaos.

Napangiti ako at agad syang hinampas ng malakas sa braso. Dumilat sya at inis na tumingin sakin.

**"Impakto ka! Anung ginagawa mo dito?"** Inis na bulong ko.

**"Edi matutulog."** Bored nyang sagot.

**"Bakit dito?"**

Bigla syang umiwas ng tingin at parang nanahimik. Kundi dahil sa kaunting liwanag galing sa bonfire na tumatagos sa tent ko, hindi ko mapapansin ang pamumula ng pisngi nya.

*Si Keifer nag-blush? Weh?*

**"Nami-miss na kasi kita."** Halos pabulong nyang sabi.

Kusa nalang akong napangiti sa sinabi nya. *Kung alam mo lang.* Namimiss ko na rin sya. Kahit araw-araw naman kaming nagkikita pakiramdam ko ang layo-layo nya.

**"I miss you too."** Sabi ko.

Ngumiti sya sakin at niyakap ako. **"Please... Kahit ngayon lang. Let me kiss you passionately."**

Bahagya akong natawa. Para kasi syang nagmamaka-awa. Magsasalita na sana ako ng makarinig kami ng kaluskos sa labas.

Para bang may tao na naglalakad. Humiwalay sakin si Keifer at sumenyas ng tahimik sa diliri nya. Nag-nod naman ako agad.

Bahagya nyang binuksan ang tent at sumilip. Medyo matagal sya don kaya kinutuban ako na may tao nga na naglalakad sa site namin.

*Pero sino?*

Biglang binuksan ni Keifer ang zipper ng tent at tuluyang lumabas. Nagsuot sya ng tsinelas at naglakad palapit sa duyan ni Yuri.

Para syang may hinahanap pero ng hindi makita, agad syang bumalik.

**"That is Yuri. Wala sya sa duyan at wala din ang cellphone nya."** Sabi nya sakin.

**"Saan naman sya pupunta?"** Tanung ko at agad na kinuha ang cellphone ko.

Tinignan ko ang oras at nakita kong 12:14 AM na. Saan naman sya pupunta ng ganitong oras? Lumabas ako ng tent at akmang gigisingin yung iba pero hinawakan ako ni Keifer sa braso.

**"B-bakit?"**

**"Susundan ko si Yuri."** Sabi nya at parang may iniisip.

**"Sasama ako."** Sabi ko pero agad syang umiling sakin. **"...sasama ako."**

**"Jay-jay..."**

**"Sige na."** Pagpipilit ko.

Kahit labag sa loob, napilitan syang pumayag kasabay ng pagbuntong hininga. Ibinalik ko ang cellphone sa bag ko at kumuha ng jacket na my hood.

Kung saan namin susundan si Yuri? Hindi namin alam.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 182

**A/N:** NO EDIT!

Update po ng scoring ng games natin sa fb group.


H IS
Ang Mutya Ng Section E
FESTIVAL?
Mr. & Ms. Ganda Pogi?
Ang Mutya Ng Section E (PART ONE)
3.19M 149K 16.5K
WWW.FACEBOOK.COM/TROPANIEATMORE2BEHAPPY

Section A - 1, 570
Section B - 670 Points
Section C - 2, 393 Points
Section D - 1, 080 Points
Section E - 1, 592 Points

Sa mga hindi po nage-gets... Meron po kaming simpleng laro sa fb group. Pwede po kayong mag-join. 😊😊😊

## Bridge

### *Jay-jay's POV*

Marahan ang bawat hakbang. Parang ninja at dapat walang makakita. Nagkukubli sa dilim at halaman. Kaylangan walang makapansin.

**"What are you doing?"** Tanung sakin ng Hari.

Tinignan ko sya sa tabi ko. Nakatayo sya kung saan madali syang makikita ng kung sino. Samantalang ako, mala-ninja sa pagtago.

**"Wag ka tumayo dyan. Baka may makakita sayo."**

*Camouflage men!*

**"Jay... It's midnight. Tulog na lahat ng tao."**

May point sya don. Sino nga namang gigising ng ganitong oras----except samin. Saang lupalop ba kasi ang punta nung Yuri na yon.

Napatingin kami sa hall ng makakita kami ng liwanag. Maliit lang yon at mistulang galing sa maliit ng flashlight. Meron din tila salamin na nagreflect sa liwanag

Gumalaw yung ilaw at dun lang namin nakita kung ano yon. Galing sa cellphone ang liwanag at yon ang hawak ni Yuri para liwanagan ang daan nya. Samantalang salamin naman nya ang mukang nagreflect sa ilaw kanina.

**"Ayun si Yuri."** Bulong ko at akmang susundan sya pero hinawakan agad ako ni Keifer. **"B-bakit?"**

**"Masyadong malapit. Hintayin mo syang makalayo."**

Ginawa ko naman ang sinabi nya. Daming alam nitong Hari ng mga Ulupong. Kusa din syang lumakad ng masiguro nyang okay na ang distansya namin.

Dumiretso sya sa likod ng hall kaya dun din ang punta namin. Isa lang ang naiisip kong pwede nyang puntahan don. Yung pala-isdaan kung saan may tulay papunta sa Gazibo sa gitna non.

Hindi nga ako nagkamali, hindi pa kami nakakalapit nakita na namin si Yuri at.... si Ella?

Napatingin ako kay Keifer pero wala syang reaksyon. Mabilis syang humanap ng pwede naming pagtaguan malapit sa pwesto nila.

Sa makapal na halamanan ako pilit pina-pwesto ng Kumag. Samantalang sya nakatayo sa likod ng puno. Tinignan ko sila Yuri pero mukang walang nagsasalita sa kanila.

**"Anu bang kailangan mo?"** Pambasag ni Yuri sa katahimikan nila. **"...Alam ba ni Aries to?"**

Umiling si Ella. **"G-gusto lang talaga kitang maka-usap."**

*Para saan?!*

'*Yuri deserves to know the truth.*' --Ella (Chapter 174)

Eto naba yung pinag-uusapan nila ni Mica sa banyo? Magkikita daw sila. Ibig sabihin, eto nga yon. Pero anu yung Truth na yon? Tungkol saan yun? Nangangati din akong malaman kung anu yon.

Halo-halong pag-aalala at pangamba ang nararamdaman ko. Hati din ang isip ko kung dapat ba kaming makinig sa pag-uusapan nila. Malaking bahagi ko ang nagsasabing umalis na at wag makinig. Kakaiba din ang kutob ko.

*Sosyaling instinct!*

**"About what?! Hindi ba pwedeng pagbalik nalang natin sa school to?"** May halong inis sa tinig ni Yuri. Inayos nya ang salamin sa mata.

Naiintindihan ko sya. Sino ba naman kasi ang matutuwa makipag-kita ng 12AM? Kahit ako yata mababadtrip nito.

*Dapat nga natutulog kana eh!*

**"Yuri!"** Pasigaw na sabi ni Ella. **"...listen to me. Mahalaga'ng malaman mo to!"**

Hindi nagsalita si Yuri at hinintay ang sasabihin ng kausap. May ilang beses na yumuko si Ella at pinaglaruan ang mga daliri. Halata din na hindi sya mapakali.

**"Mahal mo na ba talaga si Jay-jay?"** Tanung nya.

*T-teka!*

Napabuntong hininga si Yuri at kita ko ang pagpipigil nya ng inis. Kuwari din syang tumawa.

**"You ask me to meet you for that?"**

**"Please answer it."** Pakiki-usap ni Ella.

**"Yes, I do!"** Proud na sagot ni Yuri.

Tumingin ako kay Keifer pero nasa dalawa din ang tingin nya. Kahit nasa kanila ang atensyon nya hindi naman nya maitatago sakin ang pagkuyom ng kamao nya.

**"...at kung wala kana sasabihin. Aalis na ko."** Dagdag nya at akmang lalakad paalis.

**"Yuri!"** Muling tawag ni Ella at kasabay nun ang pagtulo ng luha nya.
**"...I'm sorry."**

Huminto si Yuri ngunit hindi humaharap sa kanya. Hindi ko maintindihan, naguguluhan ako sa inaasta ni Ella. Bakit sya humihingi ng *sorry*? Dahil ba sinaktan nya si Yuri dati?

*Para saan yun?*

**"I lied----No! We lied to you."** Umiiyak na sabi ni Ella at unti-unti humarap si Yuri.

**"W-what are you talking about?"**

**"Kinausap ako ng Mommy mo. Sabi nya layuan daw kita at hindi sya papayag na magkaroon tayo ng relasyon."** Paliwanag nya habang patuloy sa pag-iyak.

**"I-i don't understand."** Nalilitong sabi ni Yuri.

**"Sabi nya hindi daw ako bagay sayo. Sabi nya kung hindi daw kita titigilan hindi daw makaka-tuntong ang pamilya ko sa Korea. Natakot ako... natakot ako Yuri."**

**"I don't get it! Cut the chase Ella!"** Galit na sabi nya.

**"Ikaw ang totoong minahal ko hindi si Keifer!"**

*Shutanginames!*

Parang may kung anung sumuntok sa dibdib ko. Ganun nalang ang bigat ng pakiramdam ko. Unti-unti kong tinignan si Keifer. Nakatalikod na sya sa dalawa at nakasandal sa puno habang nakayuko.

Hindi ko makita ng maayos ang reaksyon nya pero ramdam ko ang galit nya. Sarado'ng sarado pa rin ang kamao nya. Gusto ko syang lapitan at kausapin pero hindi ko alam ang sasabihin ko sa kanya.

*Ngayon alam ko na ang lalim ng galit nya kay Yuri.*

Muli kong tinignan yung dalawa. Walang nagsasalita, patuloy sa pag-iyak si Ella at halata ang pagkabigla kay Yuri.

Kaya pala, kaya pala ganun ang salita ni Ella nung andun sya sa kwarto ko. Para bang concern pa rin sya kay Yuri, kasi pala ganun. Hindi ako makapaniwala. Sobrang gulo ng nangyayari.

*Anu ba talaga'ng totoo?!*

**"W-why?"** Tanung ni Yuri. **"W-why are you saying this to me now?"** Bakas ang panlulumo sa boses nya.

**"Yuri..."** Sambit ni Ella.

**"*Usotsuki!*"** Galit na sigaw ni Yuri. **"*Usotsuki!*"**

(A/N: Usotsuki = Liar)

Hindi ko naintindihan ang sinabi nya. Kahit si Ella nalito rin sa nga binibitawan nyang salita. May ilang beses nasuklay ni Yuri ang buhok nya. Paikot-ikot din sya sa kinatatayuan na para bang sobrang lito'ng lito. Hinubad din nya ang salamin at hinawakan ang sintido.

**"H-hindi ko maintindihan... Yuri."**

Lumapit si Yuri sa kanya at dinuro sya. **"*Urusai!*"**

(A/N: Urusai = Shut up)

**"Hindi ko maintindihan!"** Sigaw ni Ella sa kanya.

*Hindi ka nag-iisa! Minumura ka ata!*

Huminga ng malalim si Yuri at pilit pinahinahon ang sarili. May ilang beses din nyang tinakpan ang muka.

**"Bakit ngayon? Bakit ngayon mo lang sinabi? Bakit hindi noon?"** Mahinahong tanung nya kay Ella.

*Bakit ngayon nga lang? Anung dahilan?*

**"Dahil natakot ako... Alam mo namang naghihirap kami diba? Kung hindi makakabalik si *Appa* sa Korea, wala na kami."** Paliwanag ni Ella at pilit pinunasan ang mga luha.

**"Kaya pinili mo kong saktan?"** Tanung nya at huminga ng malalim. **"...Tingin mo maniniwala ako sayo?"**

**"Yun ang totoo... Alam din ni Keifer yon. Kinausap din sya ng Mommy mo... At sinabi ko din sa kanya nung araw na binugbog ka nya."**

Awtomatiko akong napatingin kay Keifer. Sa pagkakataon na to, nakatingin na sya sa ibang direksyon. Nakapamulsa at parang malalim ang iniisip.

**"Alam mo?"** Pabulong kong tanung.

**"I don't want to talk about it."** Mabilis nyang sagot at nagbuntong hininga.

Bigla nalang nagbalik sa isip ko yung pinag-usapan namin ni Ci-N. Kung nakita naba nyang nagalit si Keifer.

***Flashback...***

***"Ci..."*** *Tawag ko sa Bata'ng Kumag.*

***"Hm?"*** *Sagot nya habang patuloy sa paglantak ng ice cream.*

***"Nakita mo na ba'ng magalit si Keifer? Yung as in, galit na galit."*** *Tanung ko sa kanya.*

*Sya kasi tong mas matagal na nakasama si Keifer kaya hindi ko maiwasan na hindi itanung sa kanya.*

***"Oo naman... Maraming beses na."*** *Sagot nya.*

***"Talaga?"***

***"Oo... Pero yung hindi ko makakalimutan yung nagalit sya ng sobra kay Yuri."*** *Sabi nya at huminto sa pagkain.*

*Umayos din ako ng upo para makaharap sa kanya ng maayos.*

***"A-anu'ng nangyari?"***

***"Hindi namin alam yung dahilan. Basta galit na galit sya at ayaw tigilan ng suntok si Yuri. Si Ella naman iyak ng iyak nun at panay ang awat sa kanila."*** *Paliwanag nya.*

(See Chapter 134: Anger)

***EndofFlashback...***

Yun ang tunay na dahilan. Galit na galit si Keifer dahil hindi pala sya ang mahal ni Ella. Kasi Yuri na naman ang gusto ng babaeng nagustuhan nya.

Parang hindi ko na kayang makinig pa. Gusto ko ng umalis pero ayaw naman gumalaw ng katawan ko. Muli akong napatingin sa kanila ng marinig kong isigaw ni Ella ang pangalan ni Yuri.

**"Tama na!"** Pasigaw na sagot ni Yuri.

Hindi ko maintindihan yung sarili ko. Para kasing may kumikirot sa puso ko habang pinapanood sila. Habang nakikita kong apektado sila'ng lahat ng nakaraan.

*Kasi wala na dapat.*

**"Sagutin mo tanung ko! Bakit ngayon mo lang sinasabi to?!"** Galit na tanung nya.

**"Dahil.... Dahil hindi ko na kayang itago to sayo. Ang tagal kong umasa na kakausapin mo ko ulit, hinintay ko yon."** Pinunasan nya ang luha nya sa pisngi. **"...kaya nga umalis ako sa Section E para makakilos ng maayos at makagawa ng paraan para maka-usap ka. Pero nilayuan mo ko."**

**"Dahil wala ng dahilan para lapitan pa kita! Na kay Keifer kana! Girlfriend kana ng kaibigan ko!"** Huminga sya ng malalim. **"...Alam mo ba kung gano kasakit sakin yon? Kung ilang beses kong hiniling na sana ako nalang si Keifer? Halos patayin ko yung sarili ko sa Kingsground."**

Bumagsak ang mga luha ni Yuri. Mas lalo pang bumigat ang dibdib ko sa itsura nya ngayon. Ramdam kong gusto nyang ilabas lahat ng galit nya kay Ella mula noon.

**"...Sobrang sakit."** Tinuro nya ang puso nya. **"...binago ko yung sarili ko. Naging ibang tao ako sa pagbabakasali na pipiliin mo din ako. Pero hindi pa din... Kasi si Aries naman ang ginusto mo!"**

**"I'm sorry Yuri."**

**"Sorry?"** Mapait syang tumawa. **"...may nabago ba yung *sorry* mo?"**

Sinubukang lumapit ni Ella sa kanya pero agad syang lumayo.

**"Yuri... Please."**

**"Bakit? Ella, BAKIT?!"** Sigaw ulit ni Yuri at bumagsak na naman ang mga luha nya. **"...Bakit hindi mo ko pinag-laban?"**

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. Hindi ko maiwasan na hindi masaktan sa sinabi nya. Hindi ko din maintindihan kung bakit kailangan nya pang itanung yon.

*Mahal mo pa rin ba sya?*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Keifer.

Agad kong pinunasan ang luha ko. Huminga din ako ng malalim para pagaanin ang bigat sa dibdib ko. Tinignan ko sya at nagpilit ng ngiti.

Huminga ng malalim si Keifer at muling humarap kila Ella. Kita ko ang biglang paglaki ng mata nya at pag-diretso ng tayo. Bumilis ang tibok ng puso ko at halos ayaw tumingin sa kanila. Sana mali ang iniisip ko.

Kusa at unti-unti'ng pumihit ang ulo ko na para bang may sariling isip. Huminto ang mga mata ko sa kanila.

*Bakit kailangan kong makaramdam ng ganito?*

May kung anu sakin ang gustong pigilan sila. Ang gustong paghiwalayin sila. Ang gustong paglayuin sila mula sa pagkakayakap sa isa't isa.

**"ELLA DIANNE!"** Nage-echo'ng sigaw ni....Aries.

Agad na naghiwalay sa pagkakayakap sila Yuri at Ella. Sabay kaming tumingin si Keifer kay Aries. Galit na galit ang itsura nya habang unti-unti lumalakad palapit sa kanila.

Agad akong lumabas mula sa pinagtataguan ko. Yun nga lang nawala sa isip kong hindi nga pala nila alam na andito ako.

Tinignan ako ni Yuri na puno ng pagtataka. **"Jay?"**

**"Ano to?!"** Galit na tanung ni Aries kaya lumipat lahat ng atensyon namin sa kanya. **"...Ano to Ella?!"**

Bakas ang takot sa muka ni Ella. **"A-aries... K-kasi..."**

**"Explain yourself, NOW!"**

Kahit ako nakaramdam na rin ng takot. Ngayon ko lang syang nakitang ganyan. Nakakatakot syang magalit.

*Tropa-tropa talaga sila!*

**"Aries... S-sinabi ko l-lang sa k-kanya yung totoo."** Paliwanag ni Ella kasabay ng pagbagsak ng luha nya.

**"What for?"** Sandali syang tumingin kay Yuri bago ibalik ang paningin kay Ella. **"...May nararamdaman ka pa rin ba sa kanya?"**

Hindi nagsalita si Ella. Kahit ako hinihintay rin ang magiging sagot nya. Pero parang natatakot din ako marinig yun.

*Yun ba yung dahilan?*

**"ANSWER ME!"** Galit na utos ni Aries.

**"H-hindi... Hindi ganun yon."** Sagot ni Ella habang pilit hinahawakan si Aries pero tinatabig lang nito ang kamay nya. **"Please... Aries."**

Umiling si Aries at tumingin sa ibang direksyon. Kung paano ang pagkilos ni Yuri kanina ay sya na ngayong kilos nya. Iikot sa kinatatayuan at susuklayin ang buhok nya.

**"You told me before. You explain to me---clear to me that you will forget your feelings for him."** Mahinahong sabi ni Aries habang nakaturo kay Yuri. **"...Then what the fvck is this?"**

**"Aries..."** Patuloy sa pagiyak si Ella.

**"Nakiusap ka sakin. Sabi mo iligtas kita kay Keifer dahil ayaw mong magaya kay Freya... Ibinigay ko ang gusto mo para maging masaya ka."** Bigla nalang umiyak si Aries.

Mas masakit para sakin na makita syang ganito. Mas masakit kesa ng makita ko si Yuri at Keifer na umiiyak. Kadugo ko pa rin naman sya at minsan din kaming naging malapit. Kaya hindi ko pa rin maiwasan na hindi maapektuhan.

**"...Kapalit ang usapan natin na lalayuan mo na ang mga Section E na yan! Kakalimutan mo si Keifer at higit sa lahat ang nararamdaman mo kay Yuri!"** Huminga sya ng malalim. **"...Pero ano to?!"**

Napaupo si Ella sa kakaiyak. Hindi sya makasagot at halos hindi na sya makahinga. Lumipat ang tingin ni Aries kay Yuri at walang pakundangan nya tong sinuntok.

Nabigla ako sa ginawa nya at agad na lumapit sa kanila para awatin sila. Bagsak si Yuri at akmang susuntukin na naman sya ni Aries ng humarang ako.

**"Umalis ka!"** Sigaw sakin ni Aries sakin habang pilit ko syang pinigilan. **"Umalis ka! Jay-jay!"**

Itinulak nya ko paalis at halos masubsob ako sa sahig. Nagsusuntukan na silang dalawa. Hindi ko alam ang gagawin ko at halos magpaikot-ikot ako.

*Itulak mo sa fishpond!*

**"Tama na! Anu ba!"** Sigaw ko.

Shit lang! Si Keifer. Agad akong tumingin sa punong kinatatayuan nya. Andun pa rin sya at parang nanunuod lang ng magandang eksena sa pelikula.

**"Keifer! Awatin mo sila!"** Utos ko.

Wala syang reaksyon na lumapit. Akala ko aawatin nila sila pero bigla nalang nyang sinunggaban si Aries ng suntok. Bagsak si Aries at halos mawalan ng malay.

*Langya! Awatin, hindi banatan!*

**"Aries!"** Sigaw ni Ella at agad na tumakbo palapit dito.

Sisigawan ko na sana sya pero napatigil ako. Magkaharap si Keifer at Yuri. Matalim ang palitan nila ng tingin at anu mang oras ay magpapalitan na rin sila ng suntok.

**"Alam mo... Pero wala kang sinabi sakin."** Mahinahon na sabi ni Yuri.

**"Para saan? Bakit ko pa sasabihin sayo?"**

Parang nang-iinis ang tono ni Keifer. Gusto kong pumagitna sa kanila pero baka ako naman ang mapagbuntunan nila. Baka magatungan din ang away nila.

**"Anung sinabi sayo ni *Hahaoya*?"**

Huminga ng malalim si Keifer. Alam kong ayaw nyang sabihin. Pero bakit nga ba kailangan pang makialam ng Nanay ni Yuri?

**"Ilayo ko daw si Ella sayo. That's all."**

Tumingala si Yuri at huminga din ng malalim. Pumikit sya at kinagat ang labi. May ilang minuto din syang naka-ganun hangang sa....

**"FVCK!"** Malakas na sigaw nya at mabilis na naglakad paalis.

Susundan ko na sana sya pero nakita ko si Ella na umiiyak at patuloy sa pag-yugyog kay Aries.

Agad akong lumapit sa kanila. **"Aries."**

**"Jay... H-hindi sya gumigising."** Umiiyak na sabi ni Ella.

Tinignan ko si Keifer. Ganun ba kalakas ang suntok nya para hindi na magising si Aries.

**"...Sabi nya hindi daw sya makahinga tapos nawalan na ng malay."** Dagdag ni Ella.

Kinabahan ako, hindi ko alam kung anung sakit ni Aries pero alam kong may problema sya sa Baga.

**"Keifer... Tulungan mo kami."** Paki-usap ko.

Walang kahit na anong lumabas sa bibig nya. Binuhat nya si Aries ng buong lakas sa likod nya. Inalalayan namin sya at agad kaming dumiretso sa office ng mga organizer.

Hindi kagaya samin na tent ang tinutulugan, kwarto ang mismong sa kanila. May bubong, pader, pinto, bintana at aircon.

*May dayaang nangyayari dito!*

Bago pa ko magreklamo tungkol sa itsura ng tinutulugan nila, malakas na kalampag sa pinto ang umagaw sa atensyon ko. Daig pa nila Ella ang may kaaway sa lakas ng kalampag nya.

Kahit yata sa katabing kwarto dinig ang kalampag nya na yon.

**"Tulungan nyo po kami!"** Sigaw pa nya.

Bumukas ang ilaw sa kwartong kinakalampag ni Ella at bumukas ang pinto. Nakasimangot na naka-tingin samin ang isa sa organizer.

**"Tulungan nyo po si Aries."** Pag-uulit ni Ella at nagbago ang agad ang itsura nito sa pag-aalala.

**"Anung nangyari? Ipasok nyo sa loob! Tatawag ako ng ambulansya."** Sabi ng organizer habang tinutulungan si Keifer na ipasok si Aries sa loob.

Huminto ako pagdating sa pinto. Magiging okay na si Aries. Tatawag na sila ng tulong. Hindi na siguro ako kailangan dito.

Agad akong tumalikod at tumakbo pabalik sa pala-isdaan. Sinubukan kong isipin kung saan pumunta si Yuri. Hindi sya dumiretso sa site namin, dahil parang lumiko sya.

*Shit! LUMIKO SYA SA GUBAT!*

Mabilis kong tinakbo yung parehong daan na tinahak nya. Madilim at halos wala akong makita pero kailangan ko syang puntahan. Mag-isa lang sya ngayon, walang kasama at walang pwedeng tumulong sa kanya.

*Pero asan na sya?!*

**"YURI!"** Sigaw ko pero tanging echo ko lang ang narinig kong sagot.
**"YURI! SUMAGOT KA!"**

Wala pa rin akong naririnig na sagot mula sa kanya. Nagpatuloy ako sa paglalakad. Hindi ko makita ng maayos ang dinadaanan ko kaya halos madapa ako.

Hangang sa meron maliwanag na bagay akong nakita. Agad kong tinakbo yun sa pag-aakalang si Yuri pero cellphone lang pala. Pinulot ko yun at tinignan.

*Cellphone ni Yuri to!*

Tama ang dinadaanan ko! Dito rin sya dumaan. Pwedeng nasa hindi kalayuan lang sya.

**"YURI!"** Muling sigaw ko.

Sa totoo lang natatakot ako pero mas natatakot ako sa pwedeng mangyari sa kanya.

*Asan kana ba kasi?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 183

**A/N:** NO EDIT!

**A.M.**

***Jay-jay's POV***

**"YU----Aray!"** Bigla nalang akong nadapa.

*Malas talaga!*

Tumayo ako at pinagpag ang suot ko at ganun din ang kamay ko. Tinignan ko ulit ang paligid. Naliligaw na yata ako?!

Kinuha ko yung cellphone ni Yuri sa bulsa ko. Tinignan ko yung oras pero mas naagaw ng wallpaper nya ang atenyson ko. Picture naming dalawa yon pero hindi ako nakatingin sa camera, samantalang sya todo ngiti..

Mukang sa classroom to kinuhanan. Katabi ko kasi sya at mula sa anggulo at itsura ko, mukang may klase kami nung kinuhanan nya to.

Napangiti ako pero kasabay nun ang pagbagsak ng luha ko. Napaiyak nalang ako ng sobrang lakas. Para akong bata na napa-upo at napayakap sa tuhod ko.

*Natatakot ako! Natatakot akong hindi na ulit makita yung ngiti ni Yuri.*

**"Asan kana ba kasi?!"** Sabi ko at patuloy pa rin sa pag-iyak.

Bakit kasi ang gulo? Bakit ganito kagulo? Kala ko tapos na yung sa kanila nila Keifer at Ella pero bakit naungkat na naman? Hindi ko maintindihan.

Nakarinig ako ng naputol na sanga. Agad akong tumayo at pinunasan ang luha ko.

**"Yuri? Ikaw ba yan?"** Tanung ko at pilit sinilip kung saan ko narinig yon.

Lumakad ako palapit pero habang tumatagal wala naman akong nakikita. Bagsak ang balikat kong huminto.

**"Tang'na naman!"** Inis na sabi ko.

Muli akong humakbang para bumalik sa paghahanap pero kamalas-malasan. Bangin na pala ang katabi ko at dire-diretsong akong nahulog. Agad akong kumapit sa anu mang bagay na pwede kong makapitan.

Salamat sa malaking ugat ng puno at nakaligtas ako. Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Pakiramdam ko, humiwalay ang kaluluwa ko sa katawan ko.

*Shit lang! Near death experience?*

Kasalanan to ni Yuri eh! Kingina kasi! Ang daming drama sa buhay. Kung bakit naman kasi sa gubat pa naisipang tumambay! Pwede namang sa hall o kaya sa site namin.

*MULA-MULALA! Kainis!*

Pinilit kong itaas ang sarili ko. Nang maka-pwesto ng maayos, sinilip ko yung ibaba. Ganun nalang ang inis ko ng makitang hindi naman pala kalaliman ang bangin. Maliit na ilog din ang nasa ibaba.

Kinapa ko ang bulsa ko para sana kuhanin ang cellphone ni Yuri pero wala na. Agad kong kinapa ang buong katawan ko pero wala akong mahawakan na cellphone.

*Tengene nemen!*

Tinignan ko yung paligid ko at kinauupuan pero wala din akong nakita. Hangang sa mapatingin ako sa baba.

*Anu ba?!*

Mukang nahulog yung phone sa bulsa ko at dumiretso sa baba. Buti nalang at hindi sa tubig nalaglag. Wala akong choice kundi ang bumaba don para kuhanin yun.

*Kaasar naman kasi!*

Dahan-dahan ang bawat hakbang ko. Mahigpit din ang kapit ko sa bawat ugat o sanga na mahawakan ko. Wala akong masyadong makita kaya mabagal ang kilos ko.

Nakarating ako sa baba. Muntik pa kong madulas dahil sa mga basang bato. Hinanap ko agad ang cellphone ni Yuri. Sayang to! Iphone din to!

Nasa makapal na kumpol ng dahon ko nakita ang cellphone. Kinuha ko yun at pinagpag. Sinilip ko na rin ang oras na dapat kanina ko pa ginawa.

2:46AM na. Mag-uumaga na pero andito pa rin ako sa gubat at naghahanap sa kanya. Shutanginames kasi!

*Mahanap lang kita! Yari ka talaga*----.

Napatigil ako at natulala. May tao kasi, may tao na nakahandusay sa kabilang bahagi ng ilog. Alam kong tao yun kahit hindi ko makita ng maayos.

*Si Yuri kaya?*

Agad akong tumakbo palapit don. Sinulong ko ang ilog at hinayaang mabasa ang kalahati ng katawan ko para makatawid lang at mapuntahan yung tao.

Pero ganun nalang ang panlulumo ko ng ma-realize na hindi pala tao yon. Buko pala ang akala kong ulo, samantalang sanga naman na may nakapatong na tela ang akala kong katawan.

**"Pvta naman!"** Sigaw ko sa sobrang inis.

Naiiyak na naman ako pero hindi na dahil sa takot kundi sa sobrang inis at pagod.

**"Jay-jay?"** Tawag ng kung sino.

Bumilis ang tibok ng puso ko. Kahit pigilan ko, ayaw na magpa-awat ng luha ko. Kaharap ko na sya ngayon, yung taong kaninang iniiyakan ko lang at iniiyakan ko pa rin.

**"Yuri..."** Sabi ko at muling tinawid ang ilog para makalapit sa kanya kung saan ako nakatayo kanina.

Mahigpit ko syang niyakap pero humiwalay din ng malakas syang uma-ray sa sakit.

**"S-sorry..."** Sabi ko at tinignan ang kabuuan nya.

Sira ang damit nya at may nakabalot na piraso ng tela sa braso. Hindi malinaw pero may gasgas ang muka nya. Muka ring may crack ang salamin nya.

**"Anung nangyari sayo?"** Tanung ko na puno ng pag-alala.

**"N-nahulog ako... Narinig ko kasi ang boses mo. Sinubukan kitang hanapin pero eto yung kinahinatnan ko."** Paliwanag nya.

Napaiyak na naman ako. **"Saan ka ba kasi nagsusu-suot?! Magda-drama ka lang sa gubat pa! Ang hirap kayang maghanap dito!"** Reklamo ko.

Kamot batok syang nagpilit ng ngiti sakin. **"Sorry... Hindi ko kasi alam na susundan mo ko."**

**"Malamang susundan kita! Lalu na't dahil don sa nangyari."** Pahina ng pahina kong sabi.

Umiwas sya ng tingin at dumiretso ng tayo. Alam kong ayaw nya pang pag-usapan ang bagay na yon.

**"...B-balik na tayo?"** Aya ko sa kanya.

Kailangan kasing magamot ang sugat nya. Gusto ko ring makibalita sa nangyari kay Aries. Anung malay ko baka malala na pala ang ang lagay nya. Ang lakas lang kasi ng tama nya, nag-hamon pa ng away.

Nilibot ko ang paningin ko. Hindi ako pamilyar sa parte ng gubat na to. Siguro kung susundan ko yung ilog pabalik, baka makita ko yung falls kung saan kami nag-swimming.

**"Dito tayo dumaan."** Sabi ko habang nakaturo sa likod nya.

Nauna akong maglakad sa pag-aakalang susunod din sya sakin pero napahinto ako ng makita kong hindi sya makalakad ng maayos.

Iika-ika ang isang paa nya. Agad akong lumapit sa kanya para akayin sya.

**"A-ayos lang ako."** Sabi nya.

*Ayos mo muka mo!*

**"Sinong niloko mo?"** Sarcastic na tanung ko sa kanya.

Bahagya syang natawa. Naka-alalay ako sa bawat hakbang nya. Ramdam ko ang pagtitiis nya ng sakit sa bawat pagkilos nya. Napatingin ako sa isang nakatumbang puno, nagmuka kasing payong ang isang sanga nito na puno ng dahon.

**"Dito ka muna."** Sabi ko kay Yuri at iniwan muna sya para lumapit dun sa tumbang puno.

Tinignan ko kung pwedeng pagsilungan muna yon. Dahil muka namang payong yung isang sanga, hindi na siguro masama. Nilinis ko yung paligid at tinanggalan ng dumi at natuyong sanga. Naghanap din ako ng malaking dahon na pwede naming gamiting sapin.

Nang matapos ako, agad kong binalikan si Yuri at inakay papunta don. Mukang naging pabor naman sa kanya yung silong dahil nakapagpahinga sya.

**"Ayos ba?"** Tanung ko sa kanya bago maupo sa tabi nya.

**"Oo... Maganda din tong silong kapag umulan."**

**"Uulan ba?"** Tumingin ako sa langit.

Walang bituin, posible nga na umulan. Wag naman sana! Baka magkasakit kami nito, lalu kaming hindi nakabalik sa site.

**"Sana lang wag tayo abutan."** Sabi nya at sumandal sa malaking troso na nakatumba sa likod namin.

Madilim pa rin ang paligid. Naalala ko bigla yung cellphone ni Yuri. Kinuha ko yun sa bulsa ng jacket ko. Buti nalang at hindi nabasa kanina.

**"Cellphone mo."** Sabi ko sabay abot sa kanya.

**"Salamat."**

Pinindot nya yun para umilaw. Agad na tumama sa muka nya ang liwanag dahilan para makita ko ang kabuuan nya. Puro sugat at gasgas, may namumuo ring pasa sa gilid ng mata nya.

Hinawakan ko ang muka nya at hinarap sakin. Hindi ko maiwasan na hindi mag-alala.

**"S-saan ka nahulog? Bakit ganyan ang itsura mo?"** Tanung ko at agad na inagaw sa kanya ang cellphone nya para ilawan ang iba pang parte ng katawan nya. **"...Ang dami mong sugat!"**

Bukod sa sugat nya sa braso na may balot ng tela. Meron din syang maliit na sugat sa iba't-ibang parte ng braso at binti.

**"O-okay lang ako."** Pagpipilit nya at ngumiti.

Wala akong nagawa kundi ang ibalik sa kanya ang cellphone nya. Napasandal nalang din ako sa troso sa likod namin.

Ngayon ko naramdaman ang pagod. Gusto kong pumikit kahit sandali pero baka abutan kami ng ulan dito. Sandaling pahinga lang sana ng habol ko dahil nahihirapang maglakad si Yuri.

**"Pwede kang matulog muna. Gigisingin nalang kita."** Sabi nya at ngumiti sakin.

**"Hindi na. Baka abutan tayo ulan. Tsaka gusto ko ding makabalik bago magliwanag."**

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Anu na kaya nangyari kay Aries? Nag-alala ko sa kanya. Hindi ko alam kung dahil sa naging away nila ni Yuri yung naging dahilan ng kawalan nya ng malay o baka yung suntok ni Keif----*pakshit!*

HINDI NGA PALA AKO NAGPAALAM SA KANYA!

**"Jay... Okay ka lang?"** Tanung ni Yuri ng mapansin ang biglang pagbabago ng itsura ko.

Bakas ang takot at taranta sakin. Baka hinahanap na ko nun. Malamang nagwawala na rin yon sa kakahanap sakin. Anu gagawin ko?

Gustuhin ko man syang tawagan, wala yung cellphone ko. Iniwanan ko kanina sa tent dahil akala ko hindi naman namin kailangan. Isa pa, walang ring signal dito kaya hindi ko rin magagamit ang cellphone ni Yuri.

*Naman talaga?! Badtrip!*

Sa sobrang inis ko, naisandal ko nalang ulit ang ulo ko sa troso. Pumikit ako sandali pero hindi nagtagal kusa na rin akong nakatulog.

Nagising ako ng makaramdam ng tumutulo sa muka ko. Dinilat ko ang mata ko at ganun nalang ang taranta ko ng makita kong umuulan. Tinignan ko si Yuri na yakap-yakap ang sarili dahil sa lamig.

**"Bakit hindi mo ko ginising?"** May halong inis sa boses ko.

Agad kong hinubad ang hoodie jacket ko at binalot sa kanya. Hindi sya gumalaw at nagsalita. Kinabahan ako kaya hinawakan ko sya at dun ko lang nalaman na nilalagnat na pala sya.

**"Yuri! Mainit ka!"** Sigaw ko at pilit inayos ang pagkakabalot ng jacket sa kanya.

**"P-pano k-ka?"** Nanginginig na tanung nya sakin.

**"Okay lang ako! Sarili mo unahin mo!"**

Pilit kong binabalot ang katawan nya pero nanginginig pa rin sya at nilalamig ng husto. Wala akong nagawa kundi ang yakapin sya para uminit ang pakiramdam nya.

*Body Heat!*

Bahagya ko ding inihilig ang ulo nya sa leeg ko. Patuloy ang pag-ulan, salamat sa silong na to kundi kanina pa kami basang-basa.

**"Kaunting tiis. Makakabalik na tayo sa site."** Bulong ko sa kanya.

Hindi na sya sumagot kaya malakas ang pakiramdam ko na nakatulog na sya. Gusto ko din matulog. Gusto ko ding ipikit ang mata ko. Pero hindi ko naman pwedeng pabayaan tong katabi ko.

Pinilit kong labanan ang antok. Biglang umilaw yung cellphone ni Yuri na nasa paanan lang nya. Lumabas ang battery sign, indikasyon na lowbat na. Tinignan ko na din ang oras. 4:36AM na!

*Magliliwanag na*!

**"Jay..."** Bulong ni Yuri. **"...Jay."**

**"Bakit?"** Sagot ko sa pag-aakalang gising sya.

Tinignan ko sya bahagya pero pikit na pikit pa rin sya. Mukang nagsasalita habang tulog o kaya man nagde-deliryo dahil sa lagnat.

**"I-ipaglalaban kita..."** Bulong na naman nya at natigilan ako. **"...hindi ako papayag na mawalan ulit..."** Isiniksik nya ang ulo sa leeg ko. **"*...aishiteru.*"**

Ang sarap pakinggan ng mga sinabi nya. Kahit sinong babae kikiligin kapag ganun ang narinig. Pero hindi ako, dahil sa halip na kilig ang maramdaman ko----kahihiyan ang nangibabaw sakin.

Hindi ko sya kayang ipaglaban, kagaya ng kaya nyang gawin. Kung kaya ko lang turuan ang puso, matagal ko ng sinabi o itinuro na ikaw nalang ang mahalin kasabay ng pagtuturo ko ng math problem.

*Kaso hindi ganun yun.*

Tanga ang puso, sin-tanga ng utak ng tao. Kaya hindi rin sya makakapag-aral ng math problem.

You're almost perfect in every angel. Handsome, rich, smart and you can also be consider as a goodboy. Yes you have flows pero kaya namang ma-adjustan yon. Sa pagiging perfect mo, isa lang ang napagtanto ko. I don't deserve you, someone else better does.

Napatingin ako sa langit ng mapansin kong unti-unti ng lumiliwanag. Kinuha ko ang cellphone ni Yuri pero nakapatay na pala. Ayoko sanang gisingin sya pero kailangan na naming makabalik.

**"Yuri..."** Tawag ko sana habang tinatapik sya. **"...gising na."**

Mainit pa rin and katawan nya kaya sigurado akong nilalagnat pa rin sya. Bahagya syang umungol at umayos na ng upo. Dahan-dahan syang dumilat.

**"Tara na... Tumigil na rin ang ulan."** Aya ko sa kanya.

Ako unang tumayo para maalalayan sya. Ewan ko pero pakiramdam ko, mas lalo syang bumigat kesa kanina. Pinipilit siguro nyang hindi magpabigat sakin kanina, pero dahil may lagnat na sya hindi na nya magawa yun ngayon.

Tinuloy namin ang paglalakad. Mas mabagal kami kesa kanina. Tuluyang lumiwanag ang langit. Kita'ng kita ko na rin ang dumi sa katawan naming dalawa. Pinag-halong putik, alikabok at sugat.

**"Jay... Pahinga muna tayo. Nahihilo ako."** Sabi nya kaya huminto ako sa paglalakad.

Tinulungan ko syang maka-upo sa isang kaputol na troso. Namumula ang muka nya at parang hirap na hirap idilat ang mata. Hinawakan ko ang noo nya at ramdam kong mas uminit sya kesa kanina.

*Mukang tumaas ang lagnat nya.*

**"Kaya mo pa ba?"** Alanganin kong tanung.

Ngumiti sya sakin para ipakitang okay sya. **"Kaya... Pahinga lang."**

Umupo ako sa tabi nya. Sinandal ko ang ulo nya sa balikat ko. Malalim ang bawat paghinga nya na bukod sa dinig ko ay ramdam ko din.

*Wag naman sana lumala.*

Bigla nalang may tumunog na tyan. Taas kilay syang nag-angat ng tingin sakin.

**"Kagabi pa huling kain ko eh."** Sabi ko habang nakangiti.

Bahagya syang tumawa. **"Kakain tayo pagbalik natin."**

Nag-nod naman ako. Ngayon na nagpaparamdam ang tyan ko sa gutom. Kapag nagtagal pa to, ako naman ang magkakasakit.

Muling sumandal ang ulo ni Yuri sa balikat ko. Katahimikan ang namayani saming dalawa. Ayoko naman syang kulitin dahil nagpapahinga sya.

**"Alam mo ba..."** Basag nya sa katahimikan. **"...ayaw ni *Hahaoya* na nagkakasakit ako."** Sabi nya at ngumiti.

**"Lahat naman yata ng Nanay."** *Except yata sakin.*

**"Lahat din kaya ng Nanay gagawin ang ginawa nya?"**

Natigilan ako. *Hindi ko alam* ang pwede kong isagot dahil hindi ko naman naranasan yan kay Mama---except sa naki-alam sya sa usapang kasal namin.

Umalis sya sa pagkakasandal sakin at tumingin sa malayo. Gusto kong isipin na nagdi-diliryo lang sya kaya ganyan ang inaasta nya pero hindi.

**"Hanamitchi family is very well known in Japan. Aside from being close relative of the Minister of Japan, they have lots of businesses. They even own an island."**

Yung feeling ng nanliit ka bigla. Naliit ka dahil akala mo mayaman na yung katabi mo pero mas may iyayaman pa pala.

**"...Because of there reputation they never accept my mother. Bukod sa pagiging half Filipino, hindi rin kilala ang pamilya nila. Masakit sa kanya na bawat kilos nya, ikinahihiya sya ng buong angkan. Mas naging masakit sa kanya ng malaman nyang maliit lang ang chance na mabuntis sya."**

Pinagpatuloy ko ang pakikinig sa kanya. Alam kong hindi nya naranasan ang mga nangyari sa Nanay nya pero kahit ganun, ramdam kong nasasaktan din sya.

**"...Kaya ng mabuo ako, iningatan ako ng husto. Hindi na lumabas ng bahay si *Hahaoya,* masiguro lang na ligtas ako. Sabi nila, dumating daw ang swerte ng isilang ako."** Huminga sya ng malalim. **"...Mas iningatan pa nila ko. I'm a prince but never put on throne. I'm the only heirs of Hanamitchi Clan."**

*Only? May kapatid ka kaya.*

**"...Ampon lang si Yoichi."** Sabi nya kaya natigilan ako.

**"H-ha?"**

**"Inampon sya para punan ang pagkukulang sa pamilya. Kailangan nilang ipakasal ang isa samin sa purong lahi ng kilalang Yakuza clan. Kamag-anak pa rin namin sya pero galing sa malayo."**

*Pakshit!*

Yung nakakapanglumo na nga yung kalagayan ko pero may mas lalala pa pala. Napaka-bata pa nya pero may nakalaan ng kasal sa kanya.

Syempre hindi na pwedeng ipakasal si Yuri sa iba dahil engage na sya sakin kaya si Yoichi ang ipapakasal sa iba.

**"Ang komplikado ba ng buhay namin?"** Tanung nya at nagpilit ng ngiti.

**"Medyo... Naguguluhan lang ako kung bakit ayaw ng Mama mo kay Ella, kung tutuusin mas matino ang buhay nya kesa sakin."**

*Hello? Galing sa broken family here!*

Hindi sya nagsalita. Bigla nalang syang tumayo at nagsimulang maglakad. Sinundan ko sya agad para maalalayan.

Patuloy pa rin kami sa paglalakad at wala pa rin akong naririnig na sagot sa kanya. Pakiramdam ko tuloy meron syang tinatago sakin.

Naririnig ko na ang malakas na lagaslas ng tubig. Ibig sabihin, malapit na kami sa pinag-swimingan namin. Tinignan ko si Yuri at kita ko ang pagod sa kanya.

Agad akong huminto. **"Magpahinga muna tayo. Baka lumala yung lagnat mo."**

Hindi sya sumagot. Pasandal syang nakatayo sa isang puno at nakapikit. Naghahabol sya ng hangin at panay ang punas ng pawis nya.

**"Malapit na tayo----"**

**"Jay."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...May kasalanan ako sayo."**

Taka akong nakatingin sa kanya at hinintay ang sasabihin nya. May kung anung nagpapabilis ng tibok ng puso ko. Nag-uumpisa na rin akong manginig pero hindi dahil sa gutom.

**"H-hindi si Tanda ang nagset ng kasal natin."** Sabi nya na nagpagulo lalo sa isip ko. **"...tumanggi na si Angelo ng alukin sya ni Tanda non. Hindi naniniwala ang Matanda na yon sa second chance kaya agad na nawala ang offer..."** Umiwas sya ng tingin at huminga din ng malalim. **"...Pero ng makarating sakin ang balita na pabagsak na ang Fer Corp, ako na mismo ang nag-alok kay Angelo."**

Napahakbang ako paatras. Punong-puno ng tanung ang isip ko. Pilit kong nililinaw sa ang mga sinasabi nya.

**"A-anung...."**

**"Ako ang nagset ng kasal na yon kapalit ng tulong sa company ni Angelo. Dahil walang makatanggi sa gusto ko, pumayag sila. Kahit ayaw sayo ni *Hahaoya*, pinilit nya."**

Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko. **"P-pero ang sabi mo dati... H-hindi mo k-kayang pigilan ang kasal. S-sabi mo s-sila ang may g-gusto nito."**

**"I-i lied to you. I'm sorry."**

**"H-hindi ko maintindihan... Bakit mo ginawa yun?"**

**"Dahil mahal kita at hindi ko na kayang matalo ulit kay Keifer."** Mabilis nyang sagot. **"...gusto din kitang iligtas sa kanya."**

Pinunasan ko ang luha ko. Halo-halo ang nararamdaman ko ngayon, pero mas nananaig ang galit sakin. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang maging maka-sarili.

Umiling ako at diretso syang tinignan sa mga mata. **"Hindi. Hindi yan pagmamahal."**

**"No. Please don't say that."**

**"Natatakot ka lang matapakan ang Ego mo!"** Pilit kong pinahihinahon ang sarili ko. **"...Natatakot ka lang mapahiya ulit sa parehong dahilan."**

**"No. Hindi ganun yon."**

**"Sige nga! Kung talagang mahal mo ko bakit apektado ka pa rin ng kay Ella?"** Hamon kong tanong sa kanya.

Umiwas sya ng tingin at hindi sumagot. Tama ako! May nararamdaman pa rin sya kay Ella.

Kahit awang-awa ako sa itsura nya ngayon, hindi ko mapigilan ang galit ko. Itinatali nya ko sa isang bagay na pang-habang-buhay. Hindi na nya inisip ang nararamdaman ko.

Ako naman si Tanga, sa takot sa pwedeng mangyari kapag tumanggi ako, pumayag agad kahit wala namang kasiguraduhan.

*Pvta! Ang Bobo mo Jay!*

Napapailing nalang ako sa mga nalaman ko. Sa kanila nila Ella at sa lintik na kasal na yan. Para akong mababaliw sa mga to!

Nakarinig ako ng mga taong tila nag-uusap. Tunahimik ako at halos sabay kaming nag-angat ng tingin ni Yuri ng ma-realieze naming malapit lang sila.

**"May tao!"** Halod pasigaw kong sabi.

Dali-dali akong tumakbo pero bumalik din agad ng marinig ko ang malakas na pag-aray ni Yuri. Nawala sa isip kong hindi nga pala sya makalakad ng maayos.

Inalalayan ko sya at dahan-dahang naglakad.

**"TULONG! MAY TAO PO DITO!"** Sigaw ko para matunton nila kami kung sino man sila. **"TULUNGAN NYO PO KAMI!"**

Mas lumakas ang tila pag-uusap ng mga tao, ibig sabihin malapit lang sila samin at palapit pa. Nakahinga ako ng maluwag sa sitwasyon namin.

Makakabalik na kami, gusto ko ng kumain at matulog.

**"Dito!"** Dinig kong sigaw ng kung sino.

Sisigaw na din sana ako pero bigla nalang hinawakan ni Yuri ang pisngi ko. Tuloy-tuloy at napaka-bilis ng pangyayari.

*Hinalikan nya ko!*

Bahagya ko syang tinulak pero walang epekto yun. Hindi ko sya magawang itulak ng malakas dahil inaalala ko ang paa nya. Kusa din naman syang humiwalay ng maramdaman ang pagpalag ko sa kanya.

Salubong ang kilay kong nakatingin sa kanya. Magagalit na sana ko pero napatigil ako ng napansin ang tao sa gilid namin.

Huminto sa pagtibok ang puso ko at pakiramdam ko namatay na ko ng hindi ko namamalayan----Na sana nga patayin nalang ako ngayon na.

*K-keifer.*

Titig na titig samin kasabay ng masama at galit nyang tingin. Saradong-sarado ang kamao at kulang nalang ay sumugod sya agad samin.

**"K-keifer..."** Sabi ko at akmang lalapit sa kanya pero bigla nalang syang tumalikod samin at mabilis na tumakbo.

*Shit!*

Agad ko syang hinabol at dun ko lang nakita na kasama pala nya ang ibang Ulupong. Huminto ako ng salubungin nila ko.

**"Jay! Sa wakas... Nakita ka din namin."** Sabi ni Felix.

Nakay-Keifer pa rin ang paningin ko. Kailangan ko syang habulin. Kailangan kong magpaliwanag sa kanya.

**"P-puntahan nyo si Yuri! Andun sya!"** Sabi ko habang nakaturo sa pinang-galingan namin.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Agad akong tumakbo para habulin si Keifer. Hindi ko na alintana ang pagod at gutom.

Hindi naman ako nabigo dahil naabutan ko syang nakatayo sa ilalim ng puno. Dahan-dahan akong lumapit sa kanya.

**"Keifer..."** Tawag ko.

Bigla nalang nyang sinuntok ang katawan ng puno. Sa lakas ng pagkakasuntok nya. Naalog ang puno at nagkalaglag ang kaunting dahon.

Napalunok nalang ako sa takot.

**"I'll pretend i didn't see anything."** Sabi nya at naglakad paalis.

Hindi ko alam kung magandang bagay ba yung sinabi nya pero mas nangibabaw ang takot at pangamba sakin.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 184

**A/N:** NO EDIT!
Feel kong idamay si Dabid. Tara manggulo tayo! Hahahahah 😂😂

Thanks po sa cover. nojamseu


Ang Mutya ng
Section E
(AMNSE Part 2)
The Dark Side

eatmore2behappy

## Wedding Gown

***Jay-jay's POV***

Natapos ang retreat ng wala sa schedule. Dahil sa nangyari kay Aries, Yuri at sa ibang students na nahulihan ng alak at sigarilyo, pinili ng organizer na tapusin na ang retreat.

Sinugod sa ospital si Aries at ganun din si Yuri. Umalis kami ng Camp *keneme* ng walang kibuan ng buong Section E. Meron mang kumausap sakin, hindi naman pinag-uusapan yung nangyaring gulo.

*Ayaw talagang pag-usapan.*

Dahil isang linggo dapat ang retreat pero naging tatlong araw nalang, naging bakasyon ang natitira pang mga araw.

Sabado ngayon, dalawang araw na ang nakakalipas ng ma-ospital si Aries. Dalawang araw ko na ding hindi pinapansin ang mga text at tawag sakin ni Yuri. Dalawang araw na din akong hindi pinapansin ni Keifer.

**"Ganun ba?"** Tanung ko kay Keigan.

**"Yeah... Sorry about that."** Sagot nya at nagpilit ng ngiti. **"...If he get home, I will call you immidiately."**

**"Sige. Salamat."**

**"Ingat."**

Bagsak ang balikat kong umalis kila Keifer. Kahapon pa ko pabalik-balik sa kanila. Hindi sya sumasagot sa text ko at cannot be reach naman kapag tinawatagan.

Hindi ko naiwasan na hindi mag-alala. Alam kong galit sya sa nakita nya.

Pinindot ko ang preno ng bike na syang sinasakyan ko ngayon. Eto rin ang gamit ko kahapon ng puntahan ko sya.

Ang sagot sakin ni Keigan kahapon ay kapareho rin ng ngayon. '*Hindi pa sya umuuwi, matapos umalis*'. Nakakapang-lumo, gusto kong sisihin si Yuri pero....para saan?

Narinig ko tumunog ang cellphone ko. Tumabi muna ko bago kuhanin ang cellphone. Isang text message ang dumating sakin galing kay Kuya Angelo.

**From:** *Kuya Angelo.*
**Message:** '*Asan ka? Umuwi kana.*'

Napabuntong hininga nalang ako. Hindi nga pala alam ni Kuya na umalis ako ng bahay. Wala din naman kasi sya kanina kaya hindi na ko nagpaalam.

Mabilis akong nagpidal pauwi sa bahay. May kalayuan talaga ang bahay ni Keifer sa bahay namin. Sadyang kaskasero lang ako mag-maneho ng bike.

*Bike pa lang yan... Pano kapag kotse na?*

Pagdating sa bahay, magarbong kotse agad ang sumalubong sakin. Yayamanin! Bungga! Tinignan ko muna yon sandali bago ipasok ang bike ko sa garahe nila Tita.

Pumasok ako sa loob at dun ko lang nakilala kung sino ang may-ari ng kotse. *Mommy* ni Yuri at kasama yung driver ata.

**"*Konnichiwa...*"** Bati nya sakin habang nakangiti at nag-bow.

Nag-bow din ako dahil tanda ko na yun ang paraan nila ng pag-galang. **"Konitsiwa."**

**"Andyan kana pala."** Bigla sabi ni Kuya Angelo habang may dala'ng Tray ng Juice at Sandwich. **"...Kanina ka pa hinihintay ni Mrs. Hanamitchi."**

Binaba nya ang tray sa lamesita. Tinignan nya ko mula hangang paa at tsaka nag-taas ng kilay.

**"Magpalit ka... May pupuntahan kayo."** Utos ni Kuya sakin.

Tinignan ko naman ang sarili ko. May problema ba sa maong na kupas at tShirt na maluwag?

**"No. It's okay."** Pigil ng Mommy ni Yuri. **"...Hindi na kailangan."**

**"Pero----"**

*Pero muka pong basahan si Jay-jay.*

**"Sandali lang naman kami, kaya hindi na siguro kailangan."** Putol nya sa sasabihin ni Kuya.

Walang nagawa si Kuya kung hindi ang pumayag. Ngumiti yung Mommy ni Yuri at tumayo. Lumapit sya sakin at umangkla sa aking braso na para bang close na close kami.

*Close pala tayo, teh?*

**"Tara na?"** Aya nya sakin.

**"S-sige po."** Alanganin kong sagot.

Tumingin sya kay Kuya Angelo at ngumiti. **"We'll go ahead."**

Naglakad na kami palabas, diretso sa kotse nilang yayamanin. Sobrang naiilang ako kaya naman wala akong kibo sa buong byahe. Gustuhin ko mang itanung kung saan kami pupunta, hindi ko na nagawa.

*Aanu ba kasi talaga?*

**"Anything wrong, Jay?"** Basag nya sa katahimikan.

**"W-wala po."**

Kahit malamig sa loob ng kotse. Pinagpapawisan talaga ako. Mabilis din ang tibok ng puso ko. Bakit ba pakiramdam ko may ginawa akong malaking kasalanan sa pamilya ni Yuri?

Huminto kami sa tapat ng isang malaking building. Unang bumaba yung Mommy ni Yuri. Sumunod ako sa kanya at sandaling pinag-masdan ang building sa harap namin.

Muli syang umangkla sa braso ko. Halos makaladkad ako sa bilis ng bawat hakbang nya.

*Yung totoo? May galit?*

Narating namin ang elevator. Buti nalang at nakabukas na yon kaya hindi namin kinailangan na maghintay.

**"Sorry kung nagmamadali ako. Late na kasi tayo."** Sabi nya sakin.

*Late saan?*

Pinindot nya ang buton na may number 20. Dalawa lang ang kasabay namin at mukang mga foreigner pa. Ayoko na sanang magsalita, kasi bukod na sa naiilang ako----eh NAIILANG TALAGA AKO! Kayalang ayoko namang maging bastos.

**"K-kamusta po si Yuri?"** Tanung ko.

*Shit ka Jay!*

Dapat yata hindi yun ang tinanung ko. Engot-engot! Edi iisipin nya na hindi kami nag-uusap.

**"He's okay... Fully recovered already."** Sagot nya sakin.

Tumunog ang elevator bell at bumukas ang pinto. Naglakad na yung Mommy ni Yuri kaya sumunod ako. Isang kakaibang floor ang bumungad sakin.

May receptionist at parang opisina ang dating. Lumapit kami sa mga babaeng nasa reception. Meron silang pinag-usapan sandali tapos ay naghintay kami.

Hindi ko alam kung anu o sino yung hinihintay namin.

*Anu bang lugar ito?*

**"Mrs. Hanamitchi!"** Malanding sigaw ng isang unknown person.

Bakla sya, sure ako. Supistikado'ng tignan kahit tumitikwas ang daliri. Mukang yayamanin din.

**"Gertrude!"** Balik na bati ng Mommy ni Yuri at nagbeso-beso sila.

**"You still look pretty."** Sabi nung tinawag na Gertrude.

Sagot ng Mommy ni Yuri. **"Thank you."**

Biglang tumingin sakin yung Gertrude kaya agad akong nagpilit ng ngiti. Nakataas ang kilay nya habang sinusuri ako mula ulo hangang paa.

**"*Shinken ni? Kono shōjo?*"** (Seriously? This girl?) Sabi nya at ngumiti lang ang Mommy ni Yuri.

*Nga-nga!*

Feeling ko minura ako o kaya man ininsulto. Hindi ko tuloy alam ang magiging reaksyon ko. Kung aawayin ko naman to baka magmuka akong bastos.

Suntukin ko kaya to tapos sabihin ko hindi sadya?

**"Yeah... She's pretty. Right?"** Sabi ng Mommy ni Yuri at sinenyasan akong lumapit sa kanya.

Ginawa ko naman at nagpilit agad ng ngiti dun sa Gertrude. Umismid lang sya at inirapan ako.

*Problema nito?*

Wala akong problema sa bakla, pero ngayon baka meron na. Hindi ko inaano to, bakit ba ko inaano nito? Baka mapikon ako, hindi ko to matantsa.

**"Oo nalang."** Sarkastikong sagot nya. **"...Lets go."**

Naglakad na sya papunta sa loob. Bumungad saki ang magkakatabing office table. Tad-tad ng isang damak-mak na papel.

Meron akong nakita puting sofa set, kung saan maraming nag-uusap na tao. Meron may hawak na magazine at meron namang pira-piraso ng tela.

Pero ang naka-agaw ng pansin ko ay yung manikin na walang ulo. Meron kasing naka-suot na gown. *Wedding gown!*

Ganun nalang ang panlalamig ko ng ma-realize kung anung pakay namin sa lugar na to. Tinignan ko yung Gertrude at yung Mommy ni Yuri na nasa harapan ko.

Masaya silang nagkukwentuhan at nagtatawanan. Huminto sila sandali at binuksan ang glass door na may nakalagay na VIP. Pagbukas ng pinto unang pumasok ang Mommy ni Yuri at sumunod yung Gertrude.

*Iniwan ako?!*

Itinulak ko nalang ang pinto at pumasok mag-isa. Pabilog na sofa set ang una kong nakita. Kasya yata 15 katao. Tapos may malaking kurtina sa harap.

**"Ganda!"** Sarkastikong tawag sakin nung Gertrude.

Paglapit ko sa kanya, sya namang lapit nya dun sa kurtina.

*Bastusan?!*

**"Madam Yakito! Atu na! Pagmasdan mo!"** Masayang sabi nya at biglang binuksan ang kurtina.

Sa harap ng limang hilera ng malalaking salamin. Isang puting-puting wedding gown ang sumilaw sa aking mata. Muntik na kong mabulag.

**"Oh my..."** Masayang sabi nung Mommy ni Yuri at agad na lumapit don. **"...Look at this! You did a great job."**

Hindi ko magawang ihakbang ang paa ko para lumapit. Wala akong naging reaksyon. Pag-ngiti lang ang tangi kong nagawa----plastic pa.

**"Papupuntahin ko ang assistant ko dito para matulungan kayong magbihis."** Sabi ni Gertrude at mabilis na naglakad paalis.

Nakangiting humarap sakin ang Mommy ni Yuri. Pinilit kong suklian ang ngiti na yon.

**"Ang ganda diba? Eto ang isusuot mo sa kasal nyo ni Yuri."** Masayang sabi nya.

*Hindi ko kaya.*

Hindi ko kayang maging masaya kagaya nya. Matapos lahat ng sinabi sakin ni Yuri. Matapos lahat ng nangyari. Hindi ko kaya...

May dumating na babae at agad lumapit dun sa gown. Kinalas nya yun sa manikin at sinenyasan akong lumapit. Umalis yung Mommy ni Yuri at sinara ang kurtina.

**"Paki-hubad na po ang damit nyo."** Sabi nung babae.

Nag-aalangan akong nakatingin sa kanya. **"L-lahat?"**

**"Yung pang-itaas lang... Pati undergarment."**

*Anak ng... Magt-topless ako?*

Alanganin at dahan-dahan kong tinanggal ang Tshirt ko. Tatanggalin ko na sana ang bra ko pero....*putik!*

Huminto ako at tinignan yung babae na may paki-usap. **"P-pwedeng anu... Suotin ko muna yan bago ko tanggalin to?"**

Ngumiti naman sya at nag-nod. Sa laki ng wedding gown na mukang humahabol sa gown ni Marian Rivera, hirap na hirap kaming isuot yun. Matapos masuot hangang dibdib dun ko lang tinanggal ang pang-ilalim.

Inayos na nya ang likod at iba pa. Inayos din nya ang buhok kong kanina pa sagabal sa muka ko.

Matapos maayos, tinignan ko ang sarili ko sa salamin. Napa-titig ako sa sarili ko. Para bang ang hirap maniwala na sarili ko yung tinitignan ko ngayon sa salamin.

*Ang ganda kasi*----*nung gown!*

Ganito pala yung pakiramdam ng namimili ng susuotin pang kasal. Nakaka-excite na nakaka-kilig. Parang ang sarap dumiretso sa simbahan nito.

Pero unti-unti'ng nawala ang ngiti ko. Unti-unti ring pumapasok sa isip ko na ikakasal ako sa taong hindi ko naman mahal. Ikakasal ako sa taong nagsinungaling sakin. Sa taong pinagkatiwalaan ko. Sa taong akala ko biktima lang din ng business *keneme* ng pamilya nila.

**"Hindi mo ba nagustuhan?"**

Bahagya akong nagulat. Mabilis akong nag-angat ng tingin at nakita ko ang Mommy ni Yuri sa bandang likod ko. Bukas na pala ang kurtina.

**"N-nagustuhan ko po."** Sapilitan kong sagot.

**"That's great to hear."** Bumaling sya sa babaeng tumulong sakin magbihis. **"...iwan mo muna kami."**

Nag-nod yung babae at nag-lakad na paalis. Iniwan muna nya yung damit ko sa sofa bago tuluyang lumabas.

Lumipat sa harap ko ang Mommy ni Yuri at inilabas ang cellphone. Sandali syang nagpipindot bago itapat sakin ang camera.

**"Smile."** Sabi nya sakin at ngumiti naman ako. **"...Ipapadala ko to kay Yuri."**

Sandali syang nagpipindot bago tumunog ang cellphone nya. Bahagya sya tumawa bago humarap sakin.

**"Kung pwede ka na daw bang idiretso sa altar ngayon?"** Tanung nya at tumawa ng malakas.

Nakitawa nalang ako, wag lang sana magmukang plastic. Sandali pa nya kong pinagmasdan at ang gown na suot ko.

Nung tumapat ang mata sya sa mata ko, agad akong umiwas. Sobrang nakaka-ilang at hindi ako sanay makipag-titigan sa kanya.

**"Sa totoo lang... I don't want you to be my daughter-in-law."** Nakangiting sabi nya pero bakas ang pagiging seryoso nya.

*Oks lang... Hindi ko din naman gusto ang sarili ko na maging in-law nyo.*

**"...but i love my son so much and I'm willing to sacrifice everything..."** Malungkot nyang sabi. **"...The whole Hanamitchi clan don't like me. From the start that i marry Yumori, i keep pleasing them. I try to prove that i'm worthy to be part of their family but... They never accept me."**

*N-nabanggit nga po ni Yuri sakin.*

Nagpilit sya ng ngiti at inayos ang buhok ko papunta sa likod ng tenga ko.

**"Akala ko habang buhay ng ganun. But when Yuri came, half of the clan thank me. Para sa kanila swerte sya. Ipinanganak sya sa panahon na pabagsak na ang negosyo ng pamilya."**

Sa totoo lang hindi ko maintindihan kung bakit sinasabi nya sakin to. Pero nanatili akong tahimik at nakikinig sa kanya.

**"Matalino, masayahin at masunurin. Yan ang Yuri ko... I gave him everything even though his not asking for it. Umpisa pa lang hindi na sila magkasundo ng father-in-law ko pero hindi pa rin sya nagpatinag para patunayan ang sarili nya."**

Gusto kong itanung kong bakit naki-alam sya sa gusto ni Yuri. Kung bakit nya kinausap si Ella. Pero urong ang dila ko at parang ayaw maki-sama.

**"Itinuring ko ding anak ang mga kaibigan nya lalo ni si Keifer na syang pinaka-malapit sa kanya, kahit against talaga ako sa pagkakaibigan nila."** Huminga sya ng malalim at dun ko lang nakita ang pamumuo ng luha nya. **"...pero ng ipakilala nya sakin si Ella nagbago ang lahat."**

*Putik! Eto na yon.*

**"...Hindi ko sya tanggap at ganun din ang mangyayari sa angkan namin. Kaya ginawa ko ang akala kong tama. Kinausap si Keifer at sinabi sa kanya ilayo nya si Ella kay Yuri. Pero wala akong alam na nag-aagawan na sila sa iisang babae."** Tuluyan ng bumagsak ang mga luha nya. **"...umuwi ang anak kong ibang tao na. Madalas naka-inom, may sugat at marumi ang damit. Nagpakulay din sya ng buhok na ikinabigla ng lahat. Natuto na rin nya kaming sagot-sagutin lalo ang Lolo nya."**

Kahit hindi ako sigurado, niyakap ko sya at hinayaang umiyak sa balikat ko. Ramdam kong nasasaktan sya sa mga nangyari kay Yuri.

**"Please..."** Sabi nya habang umiiyak pa rin. **"...love my son."**

*Tang'na!*

Iba nalang po ang hilingin nyo. Wag yan, wag po ang mahalin sya.

**"...hindi ko kakayanin na makita ulit syang miserable. I beg you... Love my son."**

Kusa nalang din akong napaiyak. Mahigpit ang naging yakap ko sa kanya. Gusto ko ding gawin ang sinasabi nya. Gusto ko, gusto'ng gusto ko!

*Pero hindi ko magawa!*

Iba ang mahal ko at kahit anung gawin ko, sya na talaga ang gusto ko. Sya na talaga ang mahal ko.

*Keifer.*

++++++++++++++++++++++++++++++

***David's POV***

**["*She's okay... In few weeks pwede na syang umuwi.*"]** Percy said on the other line.

**"Sasabay ka na ba sa kanya?"**

**["*Baka mauna ako. Gusto ko ng makita si Jay-jay at Felix.*"]**

Napatingala ako sa langit. Matatapos na ang kontrata ko. Makikita ko na si Cheon----girlfriend ko. Mawawala na rin ang gumugulo sa isip ko.

**"S-salamat nga pala."** Nahihiyang sabi ko.

**["*I should be the one to Thank You. Samalat sa pagbabantay mo kay Jay-jay sana lang talaga...*"]** Sandali syang tumahimik. **["*...Sana lang talaga tumupad ka sa usapan.*"]**

Napayuko ako. **"Y-yeah."**

Pinatay nya ang tawag. Tumingin ako sa gate ng bahay nila. Nang bahay nila Jay-jay. Wala'ng inutos sakin si Percy, gusto ko lang talagang pumunta dito.

*At makita sya.*

Bumukas ang gate nila kaya agad akong sumakay sa kotse. Ayoko'ng may makakita sakin. Hindi naman ako nabigo sa paghihintay ko. Lumabas si Jay-jay ng gate habang may dalang garbage bag.

Binaba nya yon sa harap lang ng gate nila katabi ng ilang sako ng basura. Papasok na sana sya pero biglang lumabas yung Angelo at parang kinagagalitan sya. Nakayuko lang sya pero pag-alis ng pinsan nya agad syang nag-make face at parang ginagaya yung sinasabi ng Kuya nya.

*Ang kulit talaga.*

Natawa nalang ako. Sapat na yon, kaya agad kong pina-andar ang kotse at umalis.

I don't exactly know what i'm doing. I'm head over heels with my girlfriend pero ng mapalapit ako kay Jay-jay, bigla nalang akong naguluhan. Mas lalo pang lumala ang lahat ng dahil sa kasunduan namin ni Percy.

Kung hindi kaya ako pumayag, hindi kaya mangyayari to.

***Flashback...***

My foot is tapping the floor. Almost 4 hours na kaming naghihintay dito sa harap ng O.R. (Operating Room) pero wala pa rin kaming naririnig sa doctor.

Napabuntong hininga ako at napayuko.

**"David..."** Tawag sakin ng Mom ni Cheon. **"...Umuwi ka muna. Kagabi kapa nandito."**

I force a smile. **"O-okay lang po ako Tita... Hindi rin naman po ako makakatagal sa bahay."**

**"Kumain ka muna Iho. Ibibili kita. Anu bang gusto mo?"** Alok ni Tito, Dad ni Cheon.

Agad akong tumayo. **"Hindi na po. Ako nalang po bibili."**

Ngumiti naman sya sakin at hinayaan ako. Alam kong nag-aalala din sila sakin. Buhat ng ibalik si Cheon sa ospital, hindi pa ko umuuwi. Hindi rin ako maka-kain ng maayos.

Nag-lakad na ko paalis. Wala ako sa sarili at naka-tulala. I don't want to leave. I'm afraid on what might happen while i'm gone. Akala ko magiging okay na sya nung dalin sya sa Hong Kong pero wala rin pala.

Tuloy-tuloy ako sa paglalakad ng may mabunggo ako. I immediately look at him and apologize.

**"S-sorry."** Sabi ko. **"...Hindi ko sadya."**

Nakatitig sya sakin na para bang kinikilala ako. Blue ang mata nya kahit muka naman syang pinoy.

**"Okay lang."** Sagot nya.

Bumalik na ko sa paglalakad at dumiretso sa cafeteria ng ospital. Kahit walang gana pinilit kong kumain, ayoko naman na ako ang sunod na magkasakit.

Pagkatapos kumain, sakto naman na nagtext sakin si Tita. Tapos na ang operation at kakausapin na sila ng doctor. Nagmadali ako sa pagbalik, naabutan ko sila Tita na nakatayo sa harap ng pinto ng opisina ng doctor.

**"Tara... Kakausapin na daw tayo ng Doctor."** Aya sakin ni Tita.

Pumasok kami sa loob at bumungad samin ang malungkot na muka ng Doctor. I have this bad feeling na hindi maganda ang resulta.

**"Sit down please."** Sabi ng Doctor samin.

Naupo sila Tita pero nanatili akong naka-tayo. Inilabas nya ang tablet at meron pinindot don bago iharap samin. Isang video ng ultrasound ng puso.

**"Hindi po successful ang operation. We don't want to take too much risk. Malaki ang na ang butas sa puso nya kasabay ng pamamaga ng ilang artery----"**

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Agad akong lumabas ng opisina nya. Nasuntok ko nalang ang pader sa sobrang bigat ng nararamdaman ko.

**"Tsk! Wag mong idamay ang pader."**

Natigilan ako sa nagsalita. Agad ko syang tinignan ng masama. Sya yung blue ang mata na nabunggo ko kanina.

**"What do you care?!"** Inis na tanung ko.

Bakit nya ko pinakiki-alaman? Hindi ko sya kilala at hindi rin nya ko----.

**"David Brewer."** Sabi nya nagpatigil sakin. **"...Dating president ng Section E."**

*H-how did...?*

**"D-do i know you?"**

Ngumiti sya sakin at sa totoo lang, sobra-sobra ang pagtataka ko. I don't know him. He's not a student of HVIS---I know. Somehow he look just like my ages.

**"Maybe you heard the name... Percy Rey Collins?"** Tanung nya.

*Collins?*

Isa lang ang kilala kong Collins, si Felix yun. Then i realize it, he is Felix's stepbrother. Pero.... Patay na sya.

**"From the way you look at me... I think you already know me."** Inabot nya ang kamay nya sakin. **"...Nice to meet you."**

Hindi ko tinanggap ang kamay nya. Mas lalu gumulo ang isip ko. Hindi ko din maintindihan kung bakit sya lumapit sakin. Binawi nya ang kamay nya pero nanatili pa rin syang nakangiti.

**"Well... Hindi na ko magpapaligoy-ligoy pa. I would like to offer you a job."**

**"E-excuse me? A job?"**

**"Yes... A job."** Pag-uulit nya. **"...We can talk about this now. If you have time?"**

Napa-iling ako sa mga sinasabi nya. **"Look... Mr. Who-ever-you-are, i don't know you. Patay na ang kilala kong Percy and i'm not interested to your offer. Now if you'll excuse me----."**

**"I can help Ms. Cheon Sa Kim."** Putol nya sa sasabihin ko.

Nalilito na ko sa mga nangyayari. Panu nya nalaman ang buong pangalan ng girlfriend ko? And what help is he talking about?

**"...Hindi successful ang operation nya. Ayaw na syang operahan ng ibang ospital dahil delikado na at ayaw nilang masiraan ng reputasyon."** Pagpapatuloy nya. **"...Ang tanging magagawa nyo nalang ay dalhin sya sa New York. But her family can't afford it."**

*Crap!*

Panu nya nalaman lahat ng yon? Matagal ng ipinipilit ng nga Doctor na dalhin sya sa New York pero hindi kaya ng magulang nya ang magiging gastos. Nag-offer na rin kami financially pero hindi pa rin aabot.

**"You see... I can pay the bills for her. I have a private plane na magdadala sa kanya sa New York safely."**

Napayuko ako. He's a total stranger to me. Pero nate-tempt ako sa inaalok nya. Para kay Cheon na ang usapan kaya malaking bahagi ko ang nagsasabi na pakinggan ang sinasabi nya.

**"How can i assure that you're telling the truth?"** Halos pabulong kong tanung.

Malawak syang ngumiti.**"Let me explain it to you."**

Naglakad sya papunta sa kung saan. Nakasunod lang ako hangang sa huminto kami sa isang kwarto'ng pang-pasyente. Naupo sya sa kama at nagsimulang nagpaliwanag. Nagpakita din sya ng ilang litrato bilang patunay ng mga sinasabi nya.

Ipinaliwanag din nya kung bakit nya gagawin to. Nag-uumpisa na kong maniwala sa kanya kahit wala naman talaga akong tiwala.

**"...Isa lang ang rules ko."** He said after explaining my job. **"...Wag na wag kang magkaka-gusto sa kanya."**

Pinilit kong itago ang reaksyon ko. Panu? Panu ko gagawin yun? Panu kung umpisa pa lang may iba na kong nararamdaman?

Pero mas kailangan ako ni Cheon ngayon. Kaya kahit marami pa kong tanung.

**"I accept your offer."**

***EndofFlashback...***

Now here i am. So fvcking confuse about my feelings. Hindi ko dapat to nararamdaman. Si Cheon ang mahal ko kaya nga ako nagsakripisyo.

Pero kapag kasama ko si Jay-jay, iba ang tibok ng puso ko.

*This is fvcking wrong!*

Ayoko ng makisali sa gulo nila Keifer at Yuri.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 185

**A/N:** NO EDIT

Thanks po sa cover Jasmine Kayepoper Mejia Boniol

ANG MUTYA
NG SECTION
E
EATMORE2BEHAPPY

## Complicated

***Jay-jay's POV***

'*Love my son.*'

Pakshit lang! Parang sirang plaka sa utak ko yung sinabi ng Mommy ni Yuri. Seryoso?! Sya na yung nakiki-usap na mahalin ko yung anak nya.

Lalu na tuloy akong naguguluhan. Masama pa nito, hindi pa rin sumasagot si Keifer sakin. Hindi pa rin sya umuuwi. Nag-uumpisa na kong mag-alala. Sari-sari na ngayon ang laman ng utak ko.

*Parang Halo-halo lang.*

Narinig kong may kumatok sa pinto. Bubuksan ko pa lang sana ang pinto pero kusa na yong bumukas at pumasok si Tita Gema.

Balisa ang itsura nya at parang gulong-gulo. Sinira nya ang pinto at hinarap ako.

**"Tita?"**

**"Jay... uhmm... A-anu... K-kasi."** Nauutal nyang sabi.

Hindi ko alam kung anung problema. Obvious naman na meron syang gustong sabihin. Muka tuloy syang nagpipigil ng tae sa pwet.

*Ppfffttttt... Wag ka tatawa!*

**"Bakit po? May problema po ba?"** Tanung ko.

Huminga sya ng malalim. **"Kasi... Jay. A-andyan ang L-lola mo sa sala."**

Napangiti ako agad sa sinabi nya. Nami-miss ko na rin kasi si Lola. Hindi ako nakadalaw sa kanya nung retreat dahil hindi na ko pinayagan ng mga organizer.

Kung anu man ang dahilan kung bakit nandito sya, sobrang natutuwa ako na makasama sya ulit. Pero unti-unti ring nawala ang ngiti ko ng hindi mawala ang pagka-balisa sa muka ni Tita Gema.

**"T-tita Gema."**

**"K-kasama nya ang M-mama mo at... Yung mapapa-ngasawa nya."**

Para akong binagsakan ng langit. Ngayon pa talaga? Ngayon pa talaga sya nagpunta kung kailan mabigat ang nararamdaman ko.

*Nice!*

**"Tita... M-masama po pakiramdam ko. Hindi p-po muna ko lalabas ng kwarto."** Tuloy-tuloy kong sabi at agad na nahiga sa kama sabay talakbong ng kumot.

Tumabi sakin si Tita Gema at bahagya akong niyog-yog. **"Hindi pwede... Kailangan mong harapin ang Mama mo."**

Padabog kong inalis ang kumot at nagmamaka-awang tumingin sa kanya. Ayoko syang makita, ngayon pa na meron akong pino-problema.

**"Ayoko po."**

**"Jay-jay... Dito rin sila mag-stay kaya magki-kita at magki-kita kayo."**

*Shutanginames!*

Anu bang araw ngayon? Araw ba ng pagpapa-ulan ng kamalasan? Kung hindi ba naman kasi....*Haizt! Kainis!*

Walang buhay akong tumayo. Nginitian ako ni Tita at inakbayan. Lumabas kami ng kwarto at dumiretso sa sala. Si Lola ang una kong nakita kaya kahit papano napangiti ako.

**"Apo..."** Tawag nya sakin at umamba ng yakap.

Yumakap naman ako agad sa kanya. Hinigpitan ko para mabawi ang mga araw na hindi kami magkasama.

**"Miss you Lola."** Bulong ko.

**"Miss din kita Apo."** Sagot nya sakin at hinigpitan din ang yakap.

**"Ang sweet naman... Sana yakapin mo din ng ganyan si Mama."**

Agad na namatay ang mitya ng kaligayahan sa puso ko matapos marinig ang tinig na yon. Ayoko pa sanang humiwalay ng yakap kay Lola dahil sa totoo lang hindi pa ko handa na makita sya.

Unti-unti akong lumingon sa kanya. Nakangiti syang nakatingin sakin. Ngiti na hindi ko kayang suklian. Ngiti na parang ang sarap burahin sa muka nya.

**"Jay-jay anak..."** Tawag nya sakin  habang nag-aabang ng yakap.
**"...Naghihintay si Mama."**

*Edi maghintay ka.*

Tinignan ko sila Lola at Tita Gema. Ganun din si Kuya na sinesenyasan ako na lumapit kay Mama. Wala akong nagawa kundi ang yakapin sya.

Pabango nya ang unang sumampal----este napansin ko. Iba kasi ang amoy nya sa huling naalala ko. O sadyang sobrang tagal na nung huli ko syang nakasama kaya hindi ko maalala.

Kung pagmamasdan sya, parang wala syang pinagbago. Mas gumanda pa sya at nagmukang bata. Kita'ng kita na rin ngayon ang pagkaka-hawig namin.

Pinilit kong humiwalay sa kanya. Hindi ko alam kung bakit pero hindi ako maka-tagal. Parang ayaw ng katawan ko na dumikit sa kanya. Agad akong bumalik sa tabi ni Tita Gema.

Halatang nagtaka si Mama pero pilit nyang idinaan sa ngiti. **"Kamusta ka na? Wala akong balita sayo masyado."**

**"A-ayos lang..."** Naiilang na sagot ko.

**"Ang pag-aaral mo? Kamusta?"** Tanung nya pa.

*Wag kana magtanong!*

**"A-ayos lang din."**

Alam kong hinihintay nyang magkwento ako. Pero ayoko'ng gawin yon. Ayokong magsabi ng kahit ano sa kanya. Katahimikan ang namayani samin.

Bigla nalang may pumasok na lalaki sa pinto. Sa kanya napunta ang atensyon naming lahat. Meron syang dalang paperbag.

**"Hon!"** Tawag ni Mama at inakay sya palapit samin. **"...Eto nga pala ang anak ko."**

*A-anu?! Bakit ganun?!*

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Nakakaramdam ako ng takot kahit wala na mang dahilan. Napahawak ako kay Tita. Alam kong ramdam nya ang panginginig ko.

Ngumiti yung lalaki at inabot sakin ang dala nya. **"Para sayo."**

*Ayaw!*

Tumingin ako kay Tita na parang nagsasabi ng '*tatanggapin ko ba?*'. Hinawakan nya ang kamay ko at nag-nod.

Dahan-dahan kong inabot ang kamay ko para tanggapin ang dala nya. Malawak na ngumiti si Mama ng makita nyang tinanggap ko yun. Hindi ko na tinignan ang laman nun, bumalik ulit ako sa tabi ni Tita.

**"Jay-jay... Sya na nga pala ang magiging Papa mo. Ikakasal na kami."** Buong galak na sabi ni Mama habang nakayapos sa braso nung lalaki. **"...Batiin mo ang Papa Andy mo."**

Inabot nung Andy yung kamay nya sakin. **"Nice to meet you Jay-jay."**

Yan ang bagay na hindi ko gagawin. Labag sa loob ko na makipag-usap sa kanila. Tapos makikipag-kamay pa?! Muli akong kumapit kay Tita Gema.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Kuya. **"...Nakikipag-kilala sya ng maayos sayo."**

Bakas ang otoridad at pag-uutos sa boses ni Kuya Angelo. Hindi ko namalayan na lumapit na pala si Mama sakin. Hinawakan nya ko sa magkabilang braso at pilit nilapit dun sa Andy.

**"M-mama..."** Tawag ko sa kanya para sana patigilin sya pero ayaw talaga nya magpa-awat.

Hininto nya ko sa harap nung Andy. Bakas ang pagtataka sa kanya dahil sa inaasta ko. Ganito na talaga ko, wala na kong magagawa pa.

**"Makipag-kilala ka ng maayos sa Tito Andy mo."** Utos ni Mama.

*Bakit ako?! Pwede namang kayo nalang. Yung tipong---eto si Jay-jay, eto si Andy pwede na kayong magpatayan.*

Tinignan ko si Mama at halata na sa kanya ang pagka-inis. Sabagay, nakaka-badtrip naman kasi talaga yung ginagawa ko. Anung magagawa ko? Nakakaramdam talaga ako ng takot.

Hindi ako makaka-alis dito sa pagmamatigas ko. No choice.

**"A-ako po si Jay-jay... Salamat po d-dito."** Halos pabulong kong sabi.

**"You're welcome... Sabihin mo lang kung may kailangan ka pa."**

**"S-sige po."**

Ngumiti sya sakin at inabot ang kamay nya para tapikin ako sa braso. Pagdikit ng palad nya sakin, parang may kuryente na bigla nalang kumapit sakin. Awtomatikong tumaas ang kamay ko para itulak ang kamay nya palayo sakin.

*Shit! Wag mo ko hahawakan!*

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Bumalik na naman yung takot na nararamdaman ko at pakiramdam ko may mangyayaring hindi maganda.

**"Jay-jay!"** Sigaw ni Mama. **"...Anu ka ba! Bakit mo ginawa yun?!"**

Agad na lumapit sakin si Tita at inalalayan ako. **"Okay ka lang ba?"**

Hindi ako makasagot. Binitawan ko yung paperbag na hawak ko para mayakap ang sarili ko. Hindi mapakali ang paningin ko sa pag-tingin sa paligid.

Hindi ko maintindihan pero kakaiba yung takot na nararamdaman ko.

**"Jay... Anung nangyayari sayo?"** Tanung sakin ni Lola.

**"Ma! Paki-pasok muna si Jay-jay sa kwarto."** Utos ni Kuya Angelo.

Naka-alalay sakin si Tita Gema papunta kwarto ko. Kahit malayo na kami kila Mama, iba pa rin yung pakiramdam ko. Pagpasok sa loob agad na isinara ni Tita ang pinto. Naupo ako sa kama at tumitig sa kung saan.

**"Okay ka lang? Anu nangyari? May masakit ba sayo? May naalala ka ba?"** Sunod-sunod na tanung nya.

Puro iling lang ang sinagot ko sa kanya habang nakatitig parin sa kung saan. Kahit nalilito ako sa mga tanung nya, nangingibabaw sakin ang takot. Alam kong nakaramdam na ko ng ganito dati pero hindi ko alam kung saan. Kakaiba! Sobrang kakaiba. Para akong batang musmos na takot sa palo ng magulang.

**"...Jay-jay. Magsalita ka, please."** Paki-usap pa ni Tita. **"...sabihin mo kung anu yung nararamdaman mo."**

*Natatakot ako.*

Ganito rin yung naramdaman ko nung magkita ng nagpakilala saking Tony dela Cruz. Halos kapareho nito yun. Kahit hindi ko sya kilala parang ayaw lumapit ng katawan ko sa kanya.

Malakas na katok ang gumising sakin sa malalim na pagkaka-isip. Bumukas ang pinto at galit na tumingin sakin si Mama.

**"Bakit ganun ang ginawa mo sa Tito Andy mo?!"** Tanung nya habang nakaturo. **"...nakakahiya yun! Ang sabi ko pa naman mabait kang bata! Tapos ipinahiya mo sya!"**

**"Jeana... Intindihin mo naman si Jay-jay."** Sagot ni Tita Gema sa kanya.

Sa kanya lumipat ang galit na tingin ni Mama. **"Intindihin?! Ipinahiya nya si Andy sa harap natin! Gusto mong intindihin ko pa?!"**

**"May pinag-dadaanan yung bata!"** Pagpipilit ni Tita. **"...Hindi naman basta-basta makakapag-adjust yan!"**

**"Wag mo nga akong pangaralan tungkol sa anak ko!"**

**"Hindi ko kita pina-ngangaralan!"**

Patuloy sa pagtatalo sila Tita at Mama. Hindi ko maiwasan na hindi mapaluha sa nakikita ko. Kung sino pa yung hindi ko Nanay, sya pa yung umiintindi sakin. Bakit ganun?

**"Pwede lumabas ka muna? Kakausapin ko lang muna ang anak ko!"** Sabi ni Mama.

**"Pasensya na pero hindi ko iiwan si Jay-jay."** Matapang na sabi ni Tita.

Napabuntong hininga si Mama at kita ko ang matalim nyang pag-irap. Sa halip na sumagot pa, bahagya nalang nyang tinulak si Tita para makalapit sakin. Umupo sya sa tapat ko.

**"Jay... Anak."** Mahinahon nyang sabi. **"...Kailangan mong tanggapin ang Tito Andy mo. Pagkasal na kami, titira ka samin kahit sandali lang. Bago ka man lang ikasal dun kay Yuri."**

*Wow...Wow magic sing!*

Hindi ako makapaniwala sa sinasabi nya. Napaka-daling sabihin pero napaka-hirap gawin. Binanggit pa talaga nya si Yuri. Binaggit pa talaga nya yung kasal na pinayagan nya ng walang permiso ko.

*Ang galing!*

Kasabay ng pagbagsak ng luha ko ang pagsiklab ng galit ko sa kanya.

**"Pwedeng lumabas kana ng kwarto ko."** Mahinahong paki-usap ko.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Tita Gema.

Tinignan ko si Mama at kita ko sa kanya ang pagkabigla sa sinabi ko. Ayokong maging bastos lalo na sa kanya. Pero nasagad na talaga ko ng galit ko.

**"Umalis kana. Nakiki-usap ako sayo."**

**"B-bakit ganyan ka makipag-usap sakin?!"** Galit na tanung nya. **"...Yan ba ang tinuturo nila sayo dito?!"**

**"Wag kana magtanong pa! Umalis ka na lang!"** Sigaw ko.

**"Jay-jay!"** Sita sakin ni Tita Gema pero hindi pa rin ako nag-patinag.

**"Wag mo kong sigawan! Baka nakakalimutan mo kung ano mo ko!"**

Nakipagsabayan ako ng tingin sa kanya. **"Alam ko! Pero kung hindi ka pa aalis, baka kalimutan ko talaga kung anu kita!"**

Kahit labag sa loob nya lumabas sya ng kwarto ko. Pagsara ng pinto kusang bumagsak ang mga luha ko. Agad na tumabi sakin si Tita para yakapin ako.

**"Ssshhh... Jay-jay."** Sabi ni Tita habang hinihimas ang likod at buhok ko.

**"B-bakit ganun? Bakit h-hindi ako masaya n-na makita sya?"**

Humigpit ang yakap sakin ni Tita. Hindi nya sinagot ang tanung ko. Patuloy ako sa pag-iyak at sa totoo lang, kay Tita Gema ko nararamdaman ang hindi ko maramdaman kay Mama. Yung pagiging Ina sa anak nya.

Nang mapagod ako sa pag-iyak, hinayaan ako ni Tita Gema na matulog muna. Gusto ko ding matulog at kung pwede lang pag-gising ko, wala na sila.

Dapit hapon na nang magising ako. Ayoko pa sanang bumangon pero nag-uumpisa ng sumakit ang ulo ko. Pinakiramdaman ko ang mga tao sa baba. May naririnig akong mga nag-uusap at nagtatawanan.

*Andyan pa sila!*

Bagsak ang balikat kong dumiretso sa banyo. Tuloy ligo na ang ginawa ko. Mas matagal ako sa ilalim ng shower kumpara sa dati kong ginagawa. Ang bigat sa pakiramdam ng makasama ko sya sa bahay.

Hindi ko alam kung bakit ako nagkakaganito. Dati sabik akong makita sya. Lalu na nung panahong nasa ospital ako. Dun ko napatunayan na masakit umasa sa wala. Habang tumatagal ako kila Lola non, unti-unti na kong hindi umaasa sa kanya.

Masakit pa kapag may pupunta samin at sasabihing nasa police station daw si Mama dahil pinakulong ng kaaway nya. Hindi na ko sumasama dahil ayoko syang makita sa ganung kalagayan. Kapag tinatanong ako ng mga tao tungkol sa kanya, hindi ko masagot dahil hindi ko naman sya nakikita.

At don unti-unti'ng pumapasok sa isip ko na hindi ko na pala sya kilala. Hindi ko na pala kilala ang sarili kong ina. Pangalan nalang ang alam ko sa kanya at sapilitan pa ang pagtawag ko sa kanya ng Mama.

Kasabay ng pagbagsak ng tubig mula sa shower ang pagtulo ng luha ko. Nakakainis! Ayoko'ng umiiyak. Nakakapagod, nakakasawa at nagmumuka akong mahina.

Napayuko ako kasabay ang pagpigil ko na mapaiyak ng malakas. Hindi ko mapigilan. Yung ilang taon kong luha na naipon para sa kanya, ngayon na yata gustong lumabas.

Bumabalik sakin lahat, yung mg araw na nakaupo ako sa pintuan ng bahay ni Lola. Inaabangan ko sya dahil birthday ko at umaasa akong babatiin nya ko ng personal. Kahit walang regalo at kahit walang handa basta dumating lang sya.

Pasko at bangong taon na nagbalot ako ng regalo para sa kanya. Hindi sya dumadating kaya ibinibigay ko nalang kay Lola. Yung mga araw na may sakit ako at sya ang hinahanap ko.

At ang pinakamasakit sakin. Nung araw na dumalaw sya sa bahay. Sabi ko hindi na ko aasa na matutuloy yon pero ng magtext sakin si Lola, agad akong imuwi. Hindi na ko pumasok sa huling subject ko non makita lang sya. Tapos pagdating ko, umalis na sya.

Para bang iniiwasan talaga nya ko. Para bang ayaw talaga nyang magkita kami. Buhat ng araw na yon, hindi na ko naniwala na magpapakita pa sya sakin. Sobrang sakit sakin na sarili ko pang Ina ang lumalayo at umiiwas.

Napaupo ako sa sahig dala ng panlalambot ng tuhod. Ayokong umiyak ng malakas dahil maririnig ako sa labas at baka mag-alala sila. Mabigat ang bawat paghinga ko, para akong sinasakal.

*Bakit ba sakin nangyayari to? Anung bang ginawa kong masama?*

Wala na kong kinikilalang Ama, bakit kailangan pati ng Ina mawalan ako? Bakit kailangan sa ibang tao ko pa maramdaman yung pagmamahal ng pamilya? Sa mga taong hindi ko inaasahan na magiging parte ng buhay ko.

*Mga pesteng Ulupong!*

Pinilit kong patahanin ang sarili ko. Masyado na kong babad sa tubig at anu mang oras, alam kong kakatok na sila Tita para gisingin ako.

Mabilis akong nagpunas at nag-ayos. Pagbukas ko ng pinto, ganun nalang ang inis ko ng makita ko si Mama. Naghahalungkat sya sa cabinet ko.

**"Anung ginagawa mo?"** Seryosong tanung ko.

Humarap sya sakin na nakangiti habang hawak ang isang dress. **"Sa wakas natapos ka ding maligo... Kanina pa kita hinihintay."**

Napataas ang isang kilay ko. **"Oh?"**

Hindi sya sumagot. Hawak pa rin nya ang dress ko at humarap sa salamin. Tinapat nya sa katawan nya yon na parang namimili ng damit sa pamilihan.

**"Bagay?"** Tanung nya.

Hindi ko masabing '*hindi*' dahil kung tutuusin mas bagay sa kanya. May katangkaran si Mama at maganda ang hubog ng katawan. Sinong mag-aakala na dalawa na ang naging anak nya? Kaya hindi na rin ako nagtataka kung bakit ang daming lalaki ang nagkaka-gusto pa rin sa kanya.

**"Yan lang ba ang pinunta mo dito?"** Tanung ko na nagpatigil sa kanya.

Ngumiti syang pilit kahit nagmumuka na yong plastic. **"Ipipili kasi kita ng damit. Para sa family dinner natin."**

*Family dinner?*

**"Family pala tayo?"** Sarcastic na tanung ko.

Matalim ang naging tingin nya sakin. Siguro bukod sa itsura, nakuha ko din ang ugali nya. Hindi sya plastic na tao. Kung galit sya----galit sya, kung ayaw nya----ayaw nya at kung makikipag-away sya----ready sya.

Ibinaba nya ang dress sa kama at daha'ng-dahang lumapit sakin. Huminto sya sa harap ko na hindi inaalis ang tingin nya.

**"Jay-jay... Sinusubukan kong bawiin yung mga pagkukulang ko sayo. Pero kung sasagarin mo ko, kahit 17 ka na. Didisiplinahin pa rin kita sa paraang alam ko. Naiintindihan mo ba?"** Mahinahong sabi nya.

Hindi ako sumagot. Sinabayan ko ang tingin nya sakin. Wala naman akong balak patulan sya. Ayoko din namang mawala yung natitirang respeto ko sa kanya.

**"Hindi ako sasama sa dinner nyo. Salamat nalang."** Sabi ko at nilagpasan sya para makalapit sa closet ko.

Kumuha ako ng pambahay na damit. Tshirt at short lang. Alam kong hindi pa rin sya umaalis ng kwarto ko kaya naman umarte akong inaayos ang nagsabog na damit ko.

**"Okay..."** Sabi nya kasabay ng pagbubuntong hininga. **"...Hindi na tayo lalabas, dito nalang tayo sa bahay mag-family dinner."**

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Saktong paglingon ko ay ang pagbukas nya ng pinto ng kwarto ko at lumabas sya.

*Nice! Ipipilit talaga nya ang gusto nya.*

Naibato ko ang hawak kong tshirt sa kama sa sobrang inis. Kung pwede lang wag na silang mag-stay dito. Pabagsak akong nahiga sa kama at tumitig sa kisame.

Gusto kong pagmasdan ang muka ni Mama pero malaking bahagi ko ang nakakaramdam ng galit tuwing makikita ko sya. Ang bata pa rin ng itsura nya. Sabagay, 16 lang si Mama ng mabuntis sya kay Kuya. Tapos 17 naman nung ipinanganak nya ko.

*Ay 34 pa lang sya!*

Kaya pala ganun ang itsura nya. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Kingina kasi! Hindi ganito yung inaasahan kong pagkikita namin.

May kumatok sa pinto ng kwarto ko kaya agad akong tumayo. Unti-unti'ng bumukas ang pinto at iniluwa nito yung Andy----na bagong asawa ni Mama.

Agad na nagsalubong ang kilay ko. Presensya pa lang nya kakaiba na. Ayoko syang makasama sa bahay.

**"H-hi..."** Naiilang nyang bati. **"...pwede ba kong pumasok?"**

**"Kapag sinabi kong '*hindi*'? Tutuloy ka ba?"** Sarkastikong tanung ko.

Bahagya syang tumawa na puno ng pagkailang. **"I-itatanung ko lang sana kung, anu gusto mong dinner? Magpapa-deliver kami."**

Napataas ang isang kilay ko. **"Bakit ako tinatanung mo? Ako lang ba kakain?"**

Bahagya syang yumuko at napahiya, kita ko din ang pagka-pikon nya. Gusto kong malaman kung hangang saan ang pasensya nya at anung kaya nyang gawin kapag napuno sya.

**"Hindi sa ganun... Gusto ko din kasing marinig ang opinion mo."** Seryosong sabi nya.

**"Kahit anu... basta eatable."** Bored kong sagot.

Halata ang pagkalito sa itsura nya. Hindi yata nya alam ibig sabihin ng '*eatable*'. Kay Ci-N ko narinig ang salitang yun. Galing sa salitang '*eat*' at ibig namang sabihin ay pwedeng kainin.

**"Sige... Sasabihin ko nalang Mama mo."** Sagot nya sakin.

Akala ko aalis na sya pero nanatili pa rin syang nakatayo sa pinto ng kwarto ko. Tinitigan ko sya para sana iparating sa kanya na umalis na sya. Pero hindi sya natinag at parang may gusto pang sabihin.

**"May kailangan ka pa ba?"** Tanung ko.

Yumuko sya at nagbuntong hininga. **"Look... Alam kong naiilang ka sakin----."**

**"Buti alam mo."** Putol ko na kuwaring natutuwa sa sinabi nya.

Nawala ang hiyang nararamdaman nya at alam kong napikon na sya. Diretso nya kong tinignan. Eto lang ang hinihintay ko ang magalit sya at pagsalitaan ako.

*Tignan natin... Andy!*

**"I'm trying to understand your situation here. I don't want to force you to like me as your father but please learn the word '*respect*'."** Seryosong sabi nya.

Napangiwi ako. Yun na yon? Nagalit na sya non? Alam kong meron pa at gusto kong makita yon.

Tumayo ako at bored syang tinignan. **"Respect? I never learn that word."** Ngumiti ako sa kanya na halatang plastic. **"...and like you as my father? I don't think so. Meron akong Ama at Jasfher ang pangalan nya."**

Hindi sya nakapagsalita. Nag-nod sya kasabay ng pagpipilit ng ngiti. Ayoko mamahiya pero hindi ko maiwasan. Ayoko din magsalita ng hindi maganda pero nagawa ko na. Ayoko'ng iparamdam sa kanya na hindi ko sya gusto pero hindi naman talaga.

**"Tatawagin ka nalang namin kapag ready na ang dinner."** Sabi nya at tuluyan ng umalis.

Alam kong kakagalitan ako sa ginawa kong yon. Siguro ihahanda ko nalang ang sarili ko, lalu na sa bibig ni Kuya Angelo. Hindi nila ko maiintindihan kaya okay lang.

*Ire-ready ko na ang tenga!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 186

**A/N:** NO EDIT

**Fiancé vs. boyfriend?**

***Jay-jay's POV***

Hinintay ko. Hinintay ko na kagalitan ako sa ginawa ko. Sugurin at sumbatan pero wala. Walang gumawa non kahit isa sa kanila.

Taka ako sinusundan sila ng tingin habang nag-aayos ng hapag kainan. Nakatawa si Lola habang nakikipag-kwentuhan kay Andy'ng epal.

*Nagvi-video ako dito! Epal!*

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Tita Gema. **"...tulungan mo ang Mama mo sa kusina."**

Sapilitan ang pag-nod ko. **"S-sige po."**

Halos kasabay ko yung Andy pumunta ng kusina. Bahagya syang nauna at agad na sinalubong sya ni Mama ng halik.

Yung bigla ka nalang nandiri sa salitang '*halik*'. *Yack!!!*

**"Jay... Anak. Paki-dala naman to."** Utos ni Mama.

Nakangiti sya sakin habang tinuturo ang isang malaking bowl na puno ng kanin. Inirapan ko naman sya bago kuhanin yon at idiretso ng dining.

Pag-angat ng tingin ko muntik ko ng mabitawan yung bowl sa pagkabigla.

*Anak ng shutanginames!*

**"Hi..."** Naiilang na bati sakin ni Yuri.

Nagpa-ulan talaga ng malas ngayon. Pero bakit parang ako lang ang sumalo?

Binaba ko ang hawak ko sa lamesa at takang tumingin sa kanya. Gusto kong magmura ng malakas. Yung sa sobrang lakas itatakwil na ko ng langit.

May hawak syang bouquet na ang ganda sana sa paningin pero ang sarap din ilagay sa ibabaw ng magiging nitso nya. Inis ko syang tinignan. Hindi ako natutuwa sa pagdating nya at gusto kong maramdaman nya yun.

Ang totoo, masama pa rin ang loob ko sa kanya. Matapos nyang sabihin na sya ang nag-set ng sakal----este kasal. Ewan ko, pakiramdam ko napagtulungan nila ako. Pinoproblema ko na nga si Mama sasabay pa sya.

*Ang galing! Palakpakan natin!*

**"At sino naman tong gwapong binata na to?"** Malanding tanung ni....**ehem** Mama.

Ngumiti naman na abot hangang tenga si Yuri. *Naks! Gwapo*----ng sahig! Ang gwapo ng sahig. Galit nga ako sa kanya kaya hindi ko sya dapat purihin.

**"Good evening po. I'm Yuri Hanamitchi..."** Pakilala nya at inabot ang dalang bouquet kay Mama. **"...para po sa inyo."**

Mabilis naman nya yung tinanggap. Kinikilig pa sya habang inaamoy-amoy ang bulaklak.

*Wew!*

**"Ikaw pala yung magiging asawa ng anak ko."** Nakangiting sabi ni Mama kay Yuri. **"...Tawagin mo na rin akong Mama."**

Parang iba yung dating sakin nung sinabi nya. *Kakaibang Mama*!Nakarinig kami ng tumikhim. Napalingon kami kay Andy na nasa likod lang pala nya.

**"Ay! Eto nga pala ang mapapangasawa ko. Si Andy Estrada."** Pakilala nya.

Naglahad naman ng kamay si Yuri. Sandali iyong tinignan ni Andy bago tanggapin.

Yung bigla nalang akong nawala sa paningin nila. Hindi kaya multo nalang ako? Wala ng pumansin sakin nung dumating tong Yuri na to.

Pero hindi ako nalungkot. Naging pabor sakin yon para makalabas ng bahay ng hindi nila namamalayan. Busy si Kuya Angelo sa cellphone nya. Si Lola naman sa pakikipag-kwentuhan kay Tita Gema habang nag-hahain.

Madilim ang langit, walang bitwin at malamig ang hangin. Mukang uulan na naman. Tinignan ko ang cellphone ko, nagbabaka-sakaling may sagot man lang sya kahit isa sa text ko. Pero wala pa rin.

*Shit lang!*

Nag-uumpisa na kong magsisi. Kung bakit kasi hinayaan ko si Yuri na halikan ako ng araw na yon. Kung bakit kasi hindi ko siniguro na okay kami bago umuwi sa kanya-kanya'ng bahay.

Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko. Bahagya akong lumingon at nakita ko syang nakatingala din sa langit. Malalim ang buntong hininga ko.

**"Anung ginagawa mo dito?"** Tanung ko kay Yuri.

**"Sinasamahan ka----."**

**"Hindi dito!"** Inis na sabi ko habang nakaturo sa daan. **"...Dito samin, dito sa bahay!"**

Bahagya syang yumuko. **"Tinext ako ni Angelo. Ipapakilala daw nya ko sa Nanay mo."**

Hindi na ko nagsalita. Muli akong tumingala. Pinakiramdaman ko ulit ang hangin na yumayakap sakin. Ang tahimik na paligid ang bahagyang luminis sa isipan ko.

*May dalang walis.*

**"Yung Mama mo..."** Basag ni Yuri sa katahimikan. **"...kamuka mo sya."**

Tinignan ko sya na kuwaring namamangha. **"Talaga? Hindi ko alam yun."**

Sa halip na mainis sa ginawa ko, pinagtawanan lang nya ko. Sinabi ko yon para mainis sya hindi para matuwa. Malamang ako ang anak at marami na nagsabi sakin na kamuka ko sya kaya hindi na bago yung narinig ko galing sa kanya.

**"Ang bata nya pa tignan... Ilang taon na sya?"** Pagpapatuloy nya hindi pinapansin ang inis na tingin ko sa kanya.

**"34 ata."** Walang buhay kong sagot. **"...hindi ko talaga inalam, kaya wag kana magtanong."**

**"34? You mean... 16 or 17 lang sya nag-asawa?"**

**"Oo... Parang tayo ngayon kung itutuloy mo yung kasal."** Sarkastikong sagot ko sa kanya.

Bahagya syang tumawa. **"Hindi naman kita agad aanakan."**

*Putik!*

Yung bigla nalang akong kinilabutan matapos nyang sabihin yung word na '*aanakan*'. Creepy ang putik! Sana gumamit muna sya ng ibang word. Ayos din tong tao na to.

Inis ko syang tinignan. **"Tsk! Pumasok ka na nga sa loob!"**

**"B-bakit?"**

**"Ayaw kitang kasama... Dun ka sa loob."**

Sumeryoso ang muka nya na may halong lungkot. **"Jay-jay... Alam kong galit ka sakin. Hindi ko na mababago yun. But i will still apologize."**

Naitakip ko ang kamay ko sa muka bago ilipat yon sa pisngi ko. Nabuntong hininga din ako para pagaanin ang dibdib ko kahit kaunti. Ayokong tuluyang magalit sa kanya.

**"Kung hindi mo nare-realize. Ipapaliwanag ko sayo... Kung hindi mo sinet yang kasal na yan, hindi sana tayo ganito. Hindi sana ko naguguluhan at higit sa lahat hindi sana kita nasaktan."** Mahinahong paliwanag ko.

*Andun sana ako sa loob at kumakain na.*

**"Nung una pa lang... Hinanda ko na yun sarili ko sa sakit. Alam ko kasi, iba yung tingin mo kay Keifer kaya may clue na ko na iba yung feelings mo sa kanya."** Tumingala sya sandali. **"...pero umasa ako lalo na nung umo-o ka sa engagement na to."**

**"Dahil akala ko wala ng ibang paraan. Mag-aaway at mag-aaway lang kami ni Kuya Angelo kakapilit ng kasal na to. Tsaka isa pa..."** Nagdadalawang isip ako kung sasabihin ko pa pero kailangan din nyang marinig. **"...k-kagaya ng Mama mo. Hindi ko din kaya na makita ka ulit na masaktan. Gusto ko namang maranasan mo ding maging masaya..."** Napayuko ako. **"...pero hindi pala ako ang makakagawa non."**

*Kung alam mo lang kung ganu ko gustong mahalin ka din kagaya ng pagnamahal mo sakin.*

Kaso hindi ko mapilit yung sarili ko. Kaso hindi ko mautusan ang puso ko. Bawat oras na sinisiksik ko sa kokote ko, si Keifer ang unang pumapasok sa isip ko. Kumakaway at sinasabing '*tss*' sa utak ko.

Nag-uumapaw sa kamanyakan, kalandian at kagwapuhan habang may hawak na alak sa isang kamay at sigarilyo naman sa kabila. Suot-suot ang pulang boxer na may ulo ng raindeer----*Teka nga!*

*Bakit ba yun ang iniisip ko?!*

**"I understand... But there's no turning back. I won't take it back. Hindi ako susuko at hindi ko hahayaan na mapunta ka kay Keifer."** Seryosong sabi nya.

Napa-awang ang bibig ko. Umurong na naman ang dila ko para magsalita. Hindi na naman sila nakisama kung kelan ang dami kong gustong sabihin.

*Tama na Yuri!*

**"Jay-jay? Yuri?"** Tawag ni Mama mula sa gate.

Tinignan sya ni Yuri samatalang hindi naman ako tuminag o gumalaw man lang.

**"Pasok na... Kakain na tayo."** Aya ni Mama samin.

**"Sige po. Mauna na po kayo, susunod po kami."** Sagot ni Yuri.

Ngumiti sa Mama sa kanya at pumasok na. Binalik sakin ni Yuri ang tingin. Nanatili ako sa kung anung posisyon ko kanina.

**"Tara na... Hinihintay na tayo sa loob."** Sabi nya habang palapit sakin.

Agad akong humakbang palayo. **"H-hindi kita m-maintindihan."**

Huminga sya ng malalim. **"Sa ngayon, hindi mo talaga maiintindihan."**

Napailing nalang ako. Ang gulo-gulo na nga, lalo pa nyang ginugulo. Padabog akong pumasok sa loob at hinayaan sya sa labas. Alam ko namang susunod sya.

*Pwede ring wag na!*

Dumiretso ako sa dining area nila Tita Gema kung saan naririnig ko ang malakas na tawanan at kwentuhan nila. Maraming bakanteng upuan pero yung katabi ni Mama yung may naka-handang plato.

Ayokong tumabi sa kanya kaya naman umupo ako sa tabi ni Lola. Walang naka-handang plato at kubyertos dun. Taka akong tinignan ni Lola pero hindi ko nalang pinansin.

**"Jay-jay... Dito ka maupo sa tabi ko."** Utos ni Mama.

**"Dito na nalang... Mas gusto kong katabi si Lola."** Seryosong sagot ko.

Tanging pag-ngiti nalang ang nagawa nya. Alam kong sakin nakatuon ang mga tingin nila pero pinili kong wag pansinin yun. Lalu na ang tingin ni Kuya Angelo.

*Baka mamatay ako!*

Naupo na rin si Yuri sa tabi din ni Lola. Kung saan sana ako ang katabi nya sa kabila. Hindi ko sya tinignan at tinuon ang pansin sa lamesa. Binigyan ako ng katulong ng plato at mga kubyertos.

**"Magdasal muna tayo..."** Sabi ni Lola at nag-antada.

Sumunod naman kami at nagsimulang magdasal. Pagkatapos non ay nagsimula na silang kumain. Wala akong gana, kahit anung dami at sarap ng pagkain sa harap ko, hindi ako makaramdam ng gutom.

**"Kumain kana Apo."** Bulong sakin ni Lola.

Ngumiti ako at akmang kukuha ng pagkain pero bigla nalang pumasok yung maid nila Tita.

**"Excuse me po."** Sabi nya. **"...meron pong tao sa labas. Hinahanap po si Miss Jay-jay."**

Tinignan nila kong lahat. Wala akong ideya kung sino man yong tao na yon. Hindi ko alam kung anung trip nya para puntahan ako ng ganitong oras.

**"May hinihintay ka bang bisita?"** Tanung sakin ni Tits Gema.

*Wala naman.* Umiling ako.

**"Sino daw po sya?"** Tanung ni Kuya sa maid.

**"A-ayaw pong ipasabi."** Sagot nung maid.

**"Puntahan mo na Jay. Baka mahalaga yon."** Utos ni Lola.

Tumayo si Yuri kasabay ko. Taka akong napatingin sa kanya. Hindi ko alam kung sya na ba si Jay-jay ngayon.

**"Sasamahan kita."** Sabi nya.

**"Wag na... Ako nalang."** Walang gana kong sagot.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Umalis ako at agad na dumiretso sa labas. Ang daming naglalaro sa isip ko habang naglalakad.

*Ang weird sa pakiramdam.*

Paglabas sa gate natigilan ako. Pakiramdam ko huminto ang lahat sa paligid ko. Maging ang oras huminto din----sa isipan ko.

*Almost four days.* Almost four days nyang hindi sinasagot ang tawag at text ko. Almost four days akong nagpabalik-balik sa bahay nila para kamustahin sya. Almost four days syang hindi nagpakita sakin. Almost four days akong napuyat kakaisip sa kanya.

**"Keifer..."** Halos pabulong kong sabi.

Magulo ang buhok, malalim ang mata at gusot ang damit. Pero kahit ganun, ang gwapo pa rin nyang tignan. Tipid na ngiti ang binigay nya sakin. Dahan-dahan akong lumapit sa kanya.

Gusto ko syang sigawan at murahin. Gusto ko syang suntukin sa muka. Gusto kong magalit sa kanya dahil pinag-alala nya ko. Kung anu-anung naglaro sa isip ko. Akala ko sinaktan na sya ng Daddy nya.

Pero urong ang ang dila ko sa titig nya. Almost four days pero parang ten years na ang nakalipas. Ang dami kong gustong itanung sa kanya. Kung bakit nawala sya. Kung bakit hindi sya nagpakita sakin. Kung bakit hindi man lang nya ko tinawagan. Pero sa lahat ng tanung ko eto lang ang lumabas sa bibig ko.

**"K-kumain k-ka na b-ba?"**

Bahagya syang tumawa at naglakad palapit sakin.

**"B-bakit----?"**

*Hala sya!*

Hindi ko na natapos ang itatanung ko. Hinawakan nya ko sa kamay at hinatak palapit sa kanya. Nasubsob ako sa dibdib nya sa pagkabigla. Mahigpit ang yakap nya sakin.

**"I miss you..."** Bulong nya.

Naipikit ko ang mata ko. Ninanamnam ang bawat salitang binitawan nya. Ang boses nyang parang bago sa pandinig ko. Kusang yumakap ang mga kamay at braso ko sa kanya. Pinantayan ko ang higpit ng yakap nya na para bang binabawi ang mga araw na wala sya.

**"I miss you more."** Bulong ko.

Habang tumatagal ang yakap namin, dun ko lang sumusuot sa ilong ko ang amoy nya. May halong alak, sigarilyo at halatang pinatungan ng pabango. Nakakainis ang amoy. Pero sa mga oras na to, eto na ang pinaka-mabangong pabango para sakin.

**"S-saan ka galing?"** Tanung ko habang naka-yakap pa rin sa kanya.

**"London."** Tipid nyang sagot.

Humiwalay ako sa yakap at taka syang tinignan. *Seriously?!*

**"London?"**

**"London. England. United Kingdom."** Pag-lilinaw nya.

**"U-umano ka don?"**

**"Nakipag-kita sa pinsan ko."** Seryosong sagot nya.

**"Pwedeng ipaliwanag mo ng maayos."** Paki-usap ko.

Isang tanong, isang sagot kasi ang nangyayari. Hindi kami magkakalinawan nito. Baka bukas pa kami matapos sa usapan.

**"It's about Kaizer, my *Dad*. I visit my cousin ang other relatives, hoping that one of them can help me..."** Huminga sya ng malalim. **"...pero ayaw nila kong tulungan. Wala na kasi silang paki-alam samin."**

Yun pala yung dahilan kaya hindi sya nagpaparamdam. Nahihirapan na siguro sya sa gulo nila ng Daddy nya. Kahit naman ako mahihirapan sa ganung sitwasyon.

**"B-bakit naman daw?"** Tanung ko na may halong pag-aalala.

Magkakamag-anak sila dapat tulungan nila ang isa't-isa. Ngayon na walang gaurdian si Keifer sa tabi nya, dapat alalayan nila sya.

**"Yon ang problema sa mga Watson. Kung walang pakinabang sa kanila, walang dahilan para pakialaman nila..."** Ngumiti sya pero naging mapait yun. **"...wala silang mapapala sakin kaya ayaw nila kong tulungan."**

Napayuko ako. Wala na syang Nanay tapos wala pa syang kamag-anak na malalapitan. Parang ang hirap ng kalagayan nya. Tapos ang lakas ng loob kong magreklamo sa buhay ko.

Wala nga akong Ama at hindi ramdam na may Ina pero andyan sila Tita Gema para iparamdam na may malalapitan ako. Hindi dapat ako magreklamo kumpara sa buhay ni Keifer.

*Mayaman naman sya... Ikaw hindi.*

**"B-bakit hindi ka man lang nagtext sakin?"** Pag-iiba ko sa usapan. **"...nag-alala ko sayo."**

Hinawakan nya ang kamay ko. **"I have to do that in order for me to stay longer in London. Kapag kasi nabasa ko text mo o narinig boses mo, uuwi ako agad para makita ka."**

Hindi ko alam kung dapat ba kong matuwa sa sinabi nya. Akala ko galit pa rin sya sakin kaya nagawa nya kong pagtaguan pero yun pala umalis sya dahil sa family matter.

*Praning ka Jay!*

**"Kakabalik mo lang ba?"** Tanung ko habang pinagmamasdan sya.

Muka kasi syang pagod. Para bang napakarami nyang ginawa. Muka din syang puyat dahil sa mata nya.

**"Yeah... Dumiretso ako dito kasi gusto na kitang makita."** Sagot nya at ngumiti.

*Wew...*

**"Sira... Dapat nagpahinga kana agad. May pasok pa naman bukas."**

**"Wag muna tayo pumasok."**

Nalukot ang noo ko sa sinabi nya. Mukang sinasapian na naman yata sya. Kung anu-anu na naman kasi ang sinasabi nya. Para syang wala sa sarili.

**"Hindi pwede... Anu ka ba!"**

**"Why? Mamasyal tayo. Let's have a date."**

*Date?!*

Parang gusto ko nga nun. Wala pa talaga kaming nagiging opisyal na date nitong kumag na to. Kayalang kung hindi kami papasok, baka makarating kay Kuya Angelo yun at malintikan pa ko.

**"Weekends nalang siguro."** Suggestion ko.

**"No. Bukas nalang. Please..."** Paki-usap nya. **"...Dadalin kita sa beach."**

*Gusto ko yun!*

Ang hirap tanggihan ng isang to. Nilapit nya ang kamay kong hawak nya sa bibig nya. Hinalikan nya ang likod ng palad ko pati mga daliri.

**"Kasi Keifer... Baka makarating kila Kuya."** Dahilan ko at malungkot nya kong tinignan.

**"Please Jay... Sobrang nami-miss na kasi talaga kita."**

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Tinignan ko sandali ang bahay. Gusto ko talagang sumama pero natatakot naman ako kay Kuya. May pasok ang araw na gusto nyang mag-date kami. Ayoko din syang biguin kaya nalilito na ko.

Patuloy sa paghalik si Keifer sa kamay ko. At feeling ko yun ang paraan nya para kumbinsihin ako. Sumilay ang nakakalukong ngiti sakin. Gusto ko syang makasama kaya naman...

**"Sige. Date tayo bukas."** Bulong ko sa kanya.

Ngumiti sya at akmang hahawakan ako sa pisngi pero bigla syang tumingin sa gate at tumigil. Agad akong tumingin don sa takot na baka si Kuya Angelo ang nakita nya pero hindi naman pala.

**"Nakauwi ka na pala."** Bored na sabi ni Yuri.

*Alam nya?*

**"Yeah..."**

**"Hhmm..."** Sabi ni Yuri kasabay ng pag-nod.

Lumipat ang tingin nya sa kamay ni Keifer. Pinilit kong bawiin ang kamay ko pero hinigpitan ng Hari ang pagkakahawak. Napayuko nalang ako kasabay ng pagkagat sa labi ko.

*Sira-ulo talaga!*

Hindi ko alam kung nanadya ba ang isang to. Baka mag-away pa sila dito sa harap lang bahay. Kapag nangyari yon, malalaman ni Kuya Angelo ang lahat. Malalagot ako!

**"Yuri! Nakita mo si Jay-jay?"** Boses ni Mama.

Ayaw pa ring bitawan ng kumag ang kamay mo. Para akong bata na ng aagaw ng laruan sa kanya. Halos umitsa na ang kamay ko sa paghatak lang nito pero ayaw pa rin talaga nyang bumitaw.

**"Yuri... Asan na si----?"** Natigil si Mama sa pagtatanong.

Bakas sa kanya ang pagkagulat dahil sa kamay namin ni Kiefer. Kahit ako nagulat din na makita nya kami. Walang reaksyon si Yuri at hindi kumikibo.

*Bitaw na brad!*

**"Jay-jay."** Tawag ni Mama sa pangalan ko na para bang inuutusan nya kong magpaliwanag.

**"Keifer..."** Bulong ko. **"...bitaw na. Mama ko yang kaharap natin."**

Tinignan nya ko bago tuluyang bitawan ang kamay ko. Lumakad ako palapit kay Mama na kakaiba ang tingin sakin.

**"Good evening."** Bati ni Keifer kay Mama at naglakad palapit. **"...You're Jay-jay's...?"**

**"Mother."** Duktong at sagot ni Mama.

**"Sigurado po kayo? Mas papasa po kasi kayong kapatid nya."** Sabi ni Keifer.

Kita ko na bahagyang napangiti si Mama pero pilit nyang binawi. Halatang sinusubukan nyang magmatigas. Hindi nga lang ako sigurado kung kaya nyang makatagal.

*Anung laban mo sa landi nitong Hari?*

**"I'm Mark Keifer by the way."** Iniabot nya ang kamay kay Mama.

Tinanggap yun ni Mama at agad namang hinalikan ng HUDAS NA HARI ang likod ng palad nya. Hindi rin nito inaalis ang tingin kay Mama na para bang pinapa-ulanan nya ng papuri.

Agad na namula ang pisngi nitong----*ugh! Kingina sa kalandian!* Kahit ayaw nyang ngumiti kita ko sa itsura nya na kinikilig sya.

*May pinagmanahan pala ako ng kalandian?!*

**"****Ehem*** *** K-kumain ka na ba?"** Tanung ni Mama.

**"Not yet. I just came home from a trip."**

**"Dito ka na kumain."** Aya ni Mama na nagpalaki sa mata ko. Tinignan nya si Yuri. **"...Okay lang siguro yun diba?"**

**"Yes of course. Besides Keifer is also a friend of mine."** Sagot ni Yuri at ngumiti.

Yung feeling na gusto kong sumigaw ng malakas para kontrahin sila. HINDI KASI PWEDE! Baka malaman ni Kuya Angelo ang totoo. Baka magkainitan din sila at magsimula ng gulo.

Pumasok si Mama sa loob kasabay ni Keifer. Nakasunod naman si Yuri sa kanila at eto ako, naiwang manghang-mangha sa nangyayari.

*Tang'na sa kalandian!*

Nabiktima na ang Lola ko dati. Ngayon naman si Mama. Ayos! Sino susunod sa mga kamag-anak ko?

*Try mo si Tita Jenny mo.*

Padabog akong pumasok sa loob. Nakaupo na si Yuri sa pwesto nya pero lumipat naman si Lola ng upuan. Napatingin ako kay Kuya at Tita Gema.

Kita'ng-kita ang pagkagulat sa kanila at pagtatanung kung bakit andito tong Kumag na to. Buti nalang at nasa ospital pa si Aries binabantayan ni Tito Julz. Sya kasi ang number one na magpo-protesta.

**"Dito ka."** Utos ni Mama at pinaupo sa...pwesto ko?

*Teka lang?! Saan ako uupo?!*

Tinignan ko yung bangko sa gitna nila Keifer at Yuri. Wala don si Lola at ng hanapin ko sya, nakaupo na sya sa upuan sa tabi ng pwesto ni Mama.

**"Thank you."** Sabi ni Keifer at kinindatan si Mama.

Humarap sakin si Mama at kita'ng kita ko ang mapupula nyang pisngi. Napangiwi nalang ako sa itsura nya. Kulang nalang kasi maglabas sya ng Mamon at magmumuka na syang pabebe.

*Yung totoo?! Teenager?*

**"Dito ka, Anak."** Sabi sakin ni Mama habang naka-turo sa bangko sa pagitan nila Keifer at Yuri.

Naupo ako don at bumalik na si Mama sa pwesto nya. Napatingin ako kay Andy na mukang hindi nagugustuhan ang inaasta ni Mama.

*Hindi ka nag-iisa.*

Nagsimula na silang kumain. Kahit wala akong gana napilitan akong makisabay. Bawat subo ko ng pagkain ang pagtingin ko sa paligid. Nakikiramdam ako at baka magkaroon ng delubyo.

**"Anu nga palang ginagawa mo dito?"** Diretsong tanung ni Kuya.

Lahat kami sa kanya napatingin. Ang bastos kasi ng pagkakatanong nya. Tinignan sya ni Tita Gema na parang sinisita sya pero hindi nya pinansin yon.

**"To see Jay-jay."** Casual na sagot bi Keifer.

**"What for?"** Tanung ulit ni Kuya.

Napapayuko nalang ako. Ramdam ko kasing may kakaiba sa mga tanung ni Kuya. Hindi ko alam kung naghihinala na ba sya samin nitong talipandas na Kumag.

**"There's no reason."** Sagot na naman ni Keifer.

Nagtitigan silang dalawa. Aaminin ko nagsisimula ng magkaroon ng tensyon sa pagitan nila. Idagdag pang parang nang-iinis na naman tong pesteng Hari ng mga Ulupong. Alam kong nahahalata na ng lahat ang palitan nila ng tingin.

**"Hhmm... If you don't mind. I just want to know your name."** Singit ni Andy.

*Epal talaga to!*

**"Keifer... Mark Keifer Watson."** Sagot ng Hari.

Bigla nalang nag-iba ang itsura ni Mama. Nakangiti sya na parang nang-aasar.

**"Isa ka palang Watson. Kaya pala kakaiba ang karisma."** Sabi ni Mama at tinignan si Tita Gema.

Gumanti ng masamang tingin si Tita sa kanya. Para bang sinasabi nito na '*wag kang magsimula*'. Ang sabi ng Daddy ni Keifer kilala daw nya si Mama at Tita Gema. Kaya siguro ganito ang reaksyon ni Mama pero hindi ko maintindihan ang reaksyon ni Tita.

**"Anu nga pa lang relasyon mo kay Jay-jay?"** Tanung ni Andy.

Muntik na kong masamid dahil sa tanung nyang yun. Kung hindi ba naman----*ugh!* Bwisit! Ayos ding nagtanong tong isang to. Pwede bang kumain nalang sya at wag ng magsalita?

*Ang sarap iuntog ng ulo ko sa lamesa!*

**"He will be my bestman."** Biglang sabi ni Yuri habang nakatingin sakin.

**"No. *You* will be my bestman."** Balik ni Keifer sa kanya.

Sila naman ngayon ang nagpalitan ng matatalim na tingin. Nakapagitna pa naman ako sa kanila. Baka masugatan ako!

**"Ikakasal ka na pala?"** Sarkastikong tanung ni Yuri. **"...Sabihin mo kung kelan para masiguro namin ni Jay-jay na makakarating kami."**

*Tumigil kayo!*

**"Of course. Make sure na makakarating si Jay-jay."** Nag-smirk si Keifer. **"...Ang pangit naman kung hindi darating ang bride ko."**

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ni Yuri. Halatang maligaya naman si Keifer sa pang-iinis nya. Hindi ko maiwasan na hindi mapayuko. Nahihiya ako dahil sa pag-aaway nila.

**"Excuse me... What the hell is going on?"** Maotoridad na tanung ni Kuya.

Iritable na sya at hindi natutuwa sa inaasta nitong dalawa. Nakagat ko ang ibabang labi ko. Alam ko, ramdam ko at hindi pwedeng hindi sya maghihinala.

**"...Jay-jay!"** Tawag nya sakin na nagpanginig sa katawan ko. **"...Anung relasyon nyo ni Keifer?"**

*Shutanginames!*

Tumingin ako kila Keifer at Yuri na hinihintay din ang sagot ko. Yun nga lang hindi ako makasagot. Hindi ko alam ang sasabihin ko. Tumingin ako kay Lola na nag-aalala sakin, kay Tita Gema na ganun din. Si Mama at Andy na nag-aabang sa sagot ko.

**"A-anu----"**

**"Were more than friends, but *NOT* less than lovers."** Putol ni Keifer.

Nagkaroon ng malakas na pagyanig ang lamesa. Naiuntog ko nalang kasi ang ulo ko at kasabay non ang paghampas naman ni Kuya Angelo.

*Tangina! Wala na! Alam na nila! Ang galing Keifer. Ang galing galing.*

**"Kelan pa to?!"** Galit na tanung ni Kuya.

Hindi ako sumagot. Nanatiling nakadikit ang noo ko sa lamesa. Gusto kong maiyak dahil alam kong bibitayin na ko.

*Tambling na Jay.*

**"Angelo... Huminahon ka nga muna."** Awat sa kanya ni Tita Gema.

**"Huminahon?! Pano ko gagawin yon?!"**

Habang patuloy sa pagtatalak si Kuya may naramdaman akong kamay sa hita ko. Pagtingin ko, kamay ng kingina'ng Hari. Hinampas ko ng malakas yun para alisin.

*Bwisit kang kumag ka!*

**"S-sir Angelo?"** Biglang singit nung maid.

**"What?!"** Galit na sagot ni Kuya.

**"T-telepono po... Sa o-ospital daw po s-sila."** Nanginginig na sagot nung maid.

Agad akong nag-angat ng tingin at tinignan sya. Tungkol kaya kay Aries yun? Hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Baka kasi kung anu na nangyari sa kanya.

*Wala ka nang pinsan na masungit.*

Sabay na tumayo si Tita Gema at Mama. Pareho silang nag-aalala. Natural yon para kay Tita dahil anak nya si Aries. Pero kay Mama, hindi ko maiwasan na hindi magtaka.

Si Kuya Angelo ang lumabas para sagutin ang tawag. Agad na sumunod sa kanya sila Tita at Mama. Sumunod din si Andy'ng epal.

*Walang video dyan.*

Kaming apat lang ang naiwan sa dining at kakaiba ang tingin sakin ni Lola.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 187

**A/N:** NO EDIT! Yehey! Naka-1k na po ang aming fb group. Thank you so much sa lahat ng nag-join at participate sa mga activity.

Tropa Ni
Eatmore2behappy
FB Group
1K
MEMBERS
FB.COM/TropaNiEatmorebehappy

**Started with a kiss**

***David's POV***

Smoke, sweat, perfume and alcohol is what I still smell now. Even thought i'm no longer in the bar.

*Sobrang naguguluhan na ko.*

Hindi ko dapat to ginagawa. Hindi dapat nakahinto ang kotse ko malapit sa kanila. Hindi ko dapat sya hinihintay na lumabas. Hindi na dapat ako maki-gulo sa kanila.

*What the hell is wrong with you David?!*

Lasing lang ako. Dala lang ng alak to. Titigil din ako kapag nahimasmasan ako. Huli na to, pagbalik ni Cheon hindi ko na sya aabangan pa. Hindi na ko magnanakaw ng tingin.

**"Kaya please lang Jay, lumabas ka. Kahit sandali lang. Gusto kitang makita."** Bulong ko at hindi inaalis ang tingin sa gate nila.

Mahigpit ang kapit ko sa manibela. May dalawang magarang kotse ang nakaparada sa labas ng bahay nila. Alam kong kay Yuri yung isa pero hindi ako sigurado kung kanino yung isa.

*Pero anung ginagawa nila dyan?*

Naghahalo ang alak sa nararamdaman ko. Kakaiba!

Napatingin ako sa cellphone ko ng mag-ring yon. It was a phone call from Percy. Labag sa loob kong sagutin ang tawag nya. Natatakot akong utusan nya ko tungkol kay Jay-jay.

**"Hello."** Sabi ko pagkasagot ng tawag.

**["*Can you tell me your location?*"]**

I cleared my throat. **"I'm driving. Can you call me later?"**

**["*I will. But since your driving... Do me a favor. Dumiretso ka sa bahay nila Jay-jay. Itext mo ko kapag andun kana. Thanks.*"]**

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Hindi ko sinabi ang totoo na nasa malapit lang ako ng bahay nila Jay-jay. It's not my intention to lie. It's just that.... *I can't tell him the truth.*

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Anung totoo Jay?"** Mahinahong tanong sakin ni Lola.

May tiwala naman ako kay Lola. Pwedeng pwede kong sabihin sa kanya yung totoo pero malaking bahagi ng sarili ko ang nagsasabing wag akong magsalita.

**"L-lola kasi..."** Bulong ko.

*Diet ako ngayon!*

**"May relasyon po sila ni Keifer."** Walang emosyong sabi ni Yuri. **"...kahit po engage na kami."**

Kahit walang emosyon, kahit wala syang sabihin alam kong masakit. Nasasaktan sya sa sitwasyon namin ngayon.

**"Hinayaan mo naman sya?"** Tanung ni Lola sa kanya.

**"Hindi pa po kami kasal----."**

**"Kaya wala kang ginawa?"** May halong inis sa boses nya habang nag-uumpisa ng madagdagan ang wrinkles nya.

**"Hindi rin naman po kami mapipigilan ni Yuri."** Singit ni Keifer kaya tinignan sya ng masama ni Lola. **"...I love your granddaughter."**

*Hala sya!*

**"Ang babata nyo pa! Hindi nyo pa naiintindihan yang sinasabi nyo."** Sabi ni Lola at lumipat ang tingin sakin. **"...Jay! Namamangka ka sa dalawang ilog."**

**"H-hindi po sa g-ganun."**

**"Please... Don't blame Jay-jay for this."** Sabi ni Keifer. **"...Sa sitwasyon namin ngayon, sya po talaga ang lalabas na masama pero..."** Tinignan nya si Yuri. **"...kung tutuusin sapilitan lang ang relasyon nila ni Yuri. Kaya ako lang ang opisyal na ka-relasyon nya."**

**"Official? Wala nga kayong label. Kaya panong naging official ang relasyon nyo?"** Tanung ni Yuri na may halong inis.

**"May label kami."** Mabilis na sagot ni Keifer. **"...husband and wife."**

*Facepalm!*

Muli ko na namang naiuntog ang ulo ko sa lamesa. Sumasakit ang ulo ko. Hindi ko alam kung nang-iinis lang ba si Keifer o seryoso sya sa mga sinasabi nya.

**"Tumataas ang presyon ko sa inyong mga bata."** Sabi ni Lola habang napapailing.

Biglang pumasok si Tita Gema kaya sa kanya natuon ang atensyon ng lahat. **"Ma! Pupunta muna kaming ospital. Pupuntahin namin si Aries."**

**"Oh sige... Maiwan na kami dito. Mag-ingat kayo."** Sagot ni Lola at tumayo.

Yumakap naman si Tita Gema sa kanya bago tuluyang umalis. Gusto ko din sanang sumama. Nag-aalala din ako kay Aries, kahit na ayaw nya kong makita. Naiwan kaming nakatanaw lang sa kanila. Lahat silang lumabas kanina ang magkakasamang pupunta sa ospital.

*Bakit kailangan pang sumama ni Mama at Andy?*

**"Dun tayo sa sala mag-usap."** Biglang sabi ni Lola.

Sabay-sabay kaming tumayo at magkakasunod na lumabas ng dining. Pag-upo sa sofa, nakapagitna na naman ako sa dalawa. Nasa katapat na sofa naman namin si Lola.

**"Keifer."** Tawag ni Lola sa kumag. **"...gusto kong makipag-hiwalay kana sa apo ko."**

*H-hala... Bakit?*

**"Lola..."** Halos nakiki-usap ang tinig ko.

Tinignan nya ko. **"Hindi sa ayoko sa kanya para sayo. Ikakasal kana kasi... Ayoko din sana na ipakasal ka, kasi nga hindi ka pa nagsasawa sa buhay dalaga mo. Kayalang yun ang kailangan."**

**"Pero... Hindi po kami pwedeng maghiwalay ni Jay-jay."** Sagot ni Keifer. **"...pano po yung Baby namin?"**

*Anak nang... Eto na naman po sya.*

Nanlaki ang mata ko habang unti-unting tumitingin kay Keifer. Ang lakas ng tama nya sa ulo! Anung Baby? Saang galing yang mga sinasabi nya?

**"B-baby?"** Gulat na tanung ni Lola.

**"Buntis po si Jay-jay."** Dagdag pa ni Keifer. **"...may ilang buwan na po."**

Napahawak si Lola sa ulo nya at umarteng parang nahihilo. Alam kong hindi totoo yung arte nya pero inalalayan pa rin sya ni Yuri. Ako ang hindi na kailangang umarte dahil pakiramdam ko mahihilo talaga ako.

**"Okay lang po kayo?"** Tanung ni Yuri.

**"Y-yung highblood ko, t-tumataas."**

*Highblood? Tumataas?*

Kaya nasabi kong umaarte lang sya. Iba na kasi yung lumalabas sa bibig nya. Ganyan din ang ginagawa nya dati nung magkasama pa kami sa bahay. Sadyang nahuli ko lang ang pinag-kaiba ng arte sa totoo sa ginagawa nya.

**"Kawawa naman po yung Baby kung lalaki sya na walang Ama."** Pagpapatuloy ni Keifer.

*Ay hindi talaga titigil ang Gago.*

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Kulang nalang mawalan sya ng malay sa lakas ng batok na yon. Tinignan nya ko ng masama at tinumbasan ko naman.

**"Sira ulo ka! Wala pang nangyayari satin! Kaya imposible yang sinasabi mo!"** Inis na sabi ko.

Bigla nalang syang ngumiti ng nakakaloko. **"*Wala pa...* Ibig sabihin, magkakaroon?"**

*Kinginamers!*

Makailang ulit kong nasampal ang sarili ko. Hindi ako makapaniwala. Ang lakas talaga ng sapak nya sa utak. Bakit ko ba nagustuhan ang taong to?

Tinignan ko si Lola na nakasandal sa dibdib ni Yuri. Nakapikit sya at kuwaring malalim na humihinga.

**"Umayos nga kayo Lola... Hindi totoo yung sinasabi nitong Ulupong na to."**

Dumilat si Lola at dumiretso ng tayo tsaka ako seryosong tinignan. **"Totoo?"**

**"Opo."**

**"Hindi ka buntis?"**

**"Hindi po."**

Huminga sya ng malalim at tinignan si Keifer. **"Luko kang bata ka."**

Ngumiti lang naman si Keifer sa kanya. Baka sa pagkabigla sa mga sinasabi nitong sira-ulo na to, mai-untog ko nalang sya sya pader o kaya sa lamesa.

Sumeryoso ulit si Lola kaya ganun din kami. Alam kong hindi na sya nakikipag-biruan sa oras na to.

**"Gusto kong ayusin nyo yang gulo nyong tatlo. Hindi naman ako kontra sa mga nakaka-relasyon ni Jay-jay. Matanda na sya, alam na nya ang tama at mali. May tiwala din ako sa kanya."** Tinignan nya si Yuri. **"...Alam kong ayaw mo ding pilitin si Jay-jay sa kasal na to, pero kung may kaya kang gawin----gawin mo na! Pangit kung pipilitin nyong dalawa ang gusto nyo sa isa't-isa."** Lumipat ang tingin nya kay Keifer. **"...Ikaw naman! Umayos ka! Seryoso ng usapan bigla kang gaganyan!"**

Napakamot nalang ng batok ang kumag. Walang reaksyon si Yuri habang nakayuko at tinigtignan ang mga kamay.

Sakin naman tumingin si Lola. **"Ikaw Jay... Alam kong ayaw mong ikasal pero wag ka namang gumawa ng bagay pagsisisihan mo sa huli."**

Kung noon siguro ako sinermunan ng ganito ni Lola. Baka sinagot-sagot ko na sya. Pero ngayon, naiintindihan ko na. Alam ko namang para sakin din to. Para sa ikabubuti ko.

Katahimikan ang yumakap saming lahat. Walang nagsasalita. Kahit si Lola huminto na rin pero patuloy pa rin nya kaming tinitignan. Nakikiramdam din ako dito sa dalawa.

**"*Ehem*..."** Basag ni Lola sa katahimikan. **"...mukang gagabihin sila Gema. Magligpit na siguro tayo."**

Tumayo sya at sumunod kami sa kanya. Kaunti lang ang nakain ko pero dahil sa nangyari tuluyan na kong nawalan ng gana. Ang lakas kasi ng trip nitong PESTENG HARI ng mga Ulupong.

Niligpit namin ang mga pinagkainan. Katulong si Yuri at Kiefer na walang kibo sa mga nangyayari. Pagkatapos magligpit, hinayaan na namin ang mga maid na maghugas ng plato.

**"Magpapahinga na ko."** Sabi ni Lola sakin. **"...Kausapin mo ang mga yan."** Bulong nya.

Nag-nod lang ako kasabay ng pagngiti. Hindi ko alam kung panung usap ang gagawin ko sa dalawa na to.

Dumiretso si Lola sa kwarto nya, sa sala naman ang punta ko kung nasan ang dalawa. Nakaupo si Keifer at nakatayo naman malapit sa pinto si Yuri.

**"Sorry... Dun sa nangyari."** Panimula ni Yuri.

**"S-sorry din. Pati kayo nasermonan ni Lola."**

**"Okay lang..."** Sagot nya at ngumiti. **"...by the way, you look pretty with your wedding gown."**

*Hala! Banggitin daw ba.*

Nakaramdam ako ng pagkailang. Pinakiramdam ko si Keifer pero wala naman syang naging reaksyon. Hindi ko alam kung sinadya ba nyang iparinig yon.

**"S-salamat."** Naiilang kong sagot.

Yumuko sya at alam kong ramdam nyang ayokong pag-usapan yon sa harap ni Keifer.

**"I think it's time for me to go."** Sabi nya na pinagtaka ko.

**"Ha?"**

Tumingin sya kay Keifer sandali at binalik sakin ang tingin. **"Aalis na ko. Take care of yourself."** Sabi nya at walang atubiling hinalikan ako sa pisngi.

Biglang tumayo si Keifer mula sa pagkaka-upo at galit na tumingin samin. Hindi na nagsalita pa si Yuri pero ngumiti sya ng nag-yayabang at umalis.

Nakatayo lang ako sa tapat ng pinto at nakatangang sinusundan sya ng tingin. Ilaw nalang ng sasakyan nya ang huli kong nakita sa pag-alis nya. Pagharap ko kay Keifer, sinalubong agad nya ko ng nakamamatay na tingin.

**"B-bakit?"**

**"Kinilig ka naman?!"** Inis na sabi nya.

*Ayan na ang seloso.*

**"Ha? Saan?"**

**"Sa paghalik sayo ni Yuri!"**

**"Hindi."** Inosente kong sagot.

Lumapit sya sakin at niyakap ako sa bewang. Napahawak nalang ako sa dibdib nya sa pagkagulat. Medyo niliyad ko din ang sarili para bahagyang makalayo sa kanya. Para kasing alam ko na kung saan pupunta to.

**"Dapat lang."** Seryosong sabi nya. **"...Now. Can i have the kiss that i always wanted?"**

*Ahihihi... Hindi!*

**"Di pede."**

**"And why is that?"** Iritableng tanung nya.

**"Amoy kang sigarilyo."**

Agad nyang inamoy ang sarili. **"Naamoy mo pa yon?"**

*Edi nanigarilyo nga!*

**"Oo... Kaya bumitaw kana at baka biglang bumaba si Lola at makita tayo."** Sabi ko at pilit inaalis ang kamay nyang nakayakap sa bewang ko.

**"One kiss... Please."** Paki-usap nya.

**"Hindi nga pwede... Baka may makakita satin."**

Sumeryoso sya na para bang nainis sa sinabi ko. Bigla tuloy pumasok sa isip ko yung last day ng retreat namin, kung saan hinalikan ako ni Yuri. Ayokong banggitin sa kanya ang bagay na yon at baka magalit na naman sya.

**"Kapag hindi mo ko hinalikan... Pipilitin kita."** Seryosong sabi nya.

Hinampas ko ng malakas ang dibdib nya dahilan para mabitawan nya ko. Kakulitan ng impakto na to!

*Kahit kelan... Nag-uumapaw.*

**"That fvcking hurt!"** Inis na sabi nya.

**"I know, right?"** Sagot ko na may pang-gagaya sa isang commercial.

Lumapit ako sa sofa at pahilatang naupo. Dun ko naramdaman ang gutom. Kayalang ayoko na ng lutong ulam. Mas gusto ko yung kutkutin. Feeling ko hindi na tatanggapin ng katawan ko ang kanin.

**"Gusto ko ng ice cream."** Bulong ko at tinignan naman yung Hari na masama ang tingin sakin. **"...bili ka ice cream. Iki-kiss kita."**

Biglang nag-aliwalas ang muka nya. Mabilis syang tumakbo palabas.

*Nice! Haha..*

**"Wait for me!"** Sigaw pa nya.

Narinig ko ang pagharurot nya ng sasakyan kaya natawa ako. Kumag talaga sya! Basta para sa kiss susunod sya, panu pa kaya kung para sa----*haizt!*

*Wag kang nag-iisip ng ganyan.*

Kusang bumalik sakin lahat ng nangyari nung retreat. Yung pag-amin ni Ella at yung galit ni Aries. Kung pinaglaban nya kaya si Yuri, mangyayari kaya ang lahat ng to. Baka hangang ngayon sila pa at masaya. Hindi na siguro magpapakulay ng buhok si Yuri. Baka hindi rin nangyari ang engagement na to.

*At baka naging simpleng ligawan lang ang nangyayari sa inyo ni Keifer.*

O pwede ring hangang ngayon, para kaming aso't pusa. Nagtatalo pa rin sa maliit na bagay. Kinaiinisan ang presensya ng bawat isa. *Bwisit kasi!* Bakit ba ko nagka-gusto sa bad boy? Kahit naman kasi tumatanggap ako ng manliligaw dati, hindi ako nagka-interes sa mga talipandas na kagaya nya. Kaya nga nagka-crush ako kay Yuri non.

Pero hindi ko pa din napigilan. Nahulog ako sa kanya ng hindi ko namamalayan. Hindi ko tuloy alam ang gagawin ko. Lalu na ngayon na alam na nila Kuya Angelo.

*Babalatan ka nya ng buhay!*

Nakarinig ako ng tunog ng sasakyan. Alam kong hindi sila Tita yon kaya tumayo ako. Pwede rin namang si Keifer kayalang sobrang bilis naman yata nya. Kaka-alis lang tapos andyan na agad.

Sumilip ako sa pinto pero walang namang taong kumatok o nag-doorbell. Ang weird lang pero parang may nag-uutos sakin na silipin yon sa labas. Kamot batok akong naglakad palabas ng gate namin.

**"David?"** Patanong kong tawag sa kanya ng makita ko syang nakatayo sa tabi ng kotse nya. **"...A-anung ginagawa mo dito?"**

Magulo ang buhok nya. Muka din syang wala sa sarili. Nilabas nya ang phone nya at inabot yun sakin. Hindi ganun kalapit ang posisyon namin sa isa't isa pero naamoy ko ang alak.

**"He wants to talk to you."** Walang buhay na sabi nya sakin.

Alam ko kung sinong tinutukoy nya. Alam kong si Percy yon. Nag-aalangan ang kamay kong tanggapin ang phone pero gusto ko din syang kausapin. Para bang gusto ko ding marinig ang sasabihin.

*Kingina! Asar!*

**"H-hello?"** Sabi ko pagdikit ng phone sa tenga ko.

**["*Jay-jay.*"]**

Napapikit ako ng banggitin nya ang pangalan ko. Ang tagal kong hiniling na marinig ang boses nya ulit. Bumalik sakin ang mga araw na gusto kong makita sya. Yung araw na asa'ng asa akong magpapakita sya at sasagutin lahat ng tanung ko.

*Pero nasaktan ka lang!*

**"P-percy."**

**["*Uuwi na ko. Masasagot ko na----.*"]**

**"Wag kana magpapakita sakin."** Putol ko sa sasabihin nya.

Hindi ko alam kung saan nang-galing yon. Pero alam kong yun ang tama. Hindi na dapat sya magpakita pa sakin.

**["*Jay?*"]**

**"Ginugulo mo lang ako! Ginugulo mo lang ang buhay ko!"** Inis na sabi ko.

**["*Look... I'm sorry----.*"]**

**"Hindi ko kailangan ng sorry mo! Ang gusto ko, malaman kung sino ka talaga?! Bakit kung kailan tahimik ang buhay ko, magpapakita ka at guguluhin ako?!"** Ayokong nagalit ng ganito pero hindi ko mapigilan.

Para akong sasabog. Lahat ng hinanakit ko sa kanya, bumubuhos. Yung mga gabi na umiiyak ako. Yung mga gabi na iniisip ko sya.

*Na baka sya na ang sagot ko sa lahat ng tanung.*

Pero dagdag isipin lang pala sya sa utak ko. Lalu na ng malaman kong magkasama sila ni Papa. Na paliyido ko sa ama ang gamit nya.

*Nakakainggit! Nakakasama ng loob!*

**["*Jay... Araw nalang ang hinihiling ko sayo. Magkikita na tayo!*"]** Paki-usap nya.

**"WALA AKONG PAKI!"** Malakas na sigaw ko kasabay ng pag-agos ng luha ko. **"Nakiki-usap ako! Kung guguluhin mo lang ako----."**

**["*DAMN IT! Listen to me!*"]** Galit na sigaw nya.

Ewan ko pero parang narinig ko yung apat sa sigaw nya na yun. *Tama...* Magkakaibigan nga pala sila. Halos pare-pareho kung magalit.

**["*...give me three----No! Two days. Give me two days at sasagutin ko lahat ng tanung mo!*"]**

*Hindi! Wag kang maniwala!*

**"Tama na..."** Halos bulong kong sabi. **"...please."**

Hindi ko na nahintay ang sasabihin nya. Nabitawan ko na ang cellphone ni David at tuloy-tuloy na napaupo para yakapin ang tuhod ko. Nanlalambot ako. Gusto kong matuwa at maniwala sa kanya pero andun yung takot.

Yung takot na baka hindi na naman sya magpakita. Na baka maghintay na naman ako sa wala at hindi na naman nya masagot ang tanung ko.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni David.

Hindi ko sya tinignan pero nakita ko ang kamay nyang dinampot ang cellphone sa sahig. Nanatili syang nakatayo sa harap ko matapos tignan yon.

**"Pumasok kana sa loob... Mukang uulan."**

Nasa ganon pa rin akong posisyon. Patuloy sa pag-iyak. Gusto ko syang sigawan pero wala na kong lakas. Naramdaman ko ang kamay nyang humawak sa dalawang balikat ko at unti-unti akong tinayo.

Nakayuko pa rin ako. Hindi tumitingin sa kahit saan. Naririnig ko ang mahinang kulog sa langit pero kahit yon, hindi mapigilan pagluha ko.

**"Pumasok kana."**

**"A-anu ka ba talaga ni Percy?"** Halos bulong kong tanung.

Hindi sya nagsalita at tanging buntong hininga lang nya ang naririnig ko. Akala ko hindi rin nya sasabihin o sasagutin ang tanung ko kagaya ni Percy pero...

**"May kontrata kami. I work for him as an exchange for helping my girlfriend."** Diretso nyang sagot.

Napahagulgol nalang ako sa pagiyak. Para akong bata na pinangakuan pero hindi naman tinupad. Sobrang bigat ng nararamdaman ko. Pati yata luha na para kay Mama nailabas ko na.

Unti-unti kong naramdaman ang kamay at braso ni David na yumayakap sakin.

**"Ssshhhh... T-tama na. Nahihirapan ako kapag ganyan ka."**

Naguluhan man ako sa sinabi nya, pinili kong pigilan ang pag-iyak. Ilang beses akong huminga ng malalim. Tinaas ko ang ulo ko para harapin sya, humiwalay din ako sa yakap nya.

**"Davi----."**

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng maramdaman ko ang dalawang kamay nyang humawak sa pisngi ko. Walang alinlangan at tuloy-tuloy na dumikit ang labi nya sakin.

*D-david!*

Parang sumabog ang puso ko sa sobrang bilis ng tibok nito. Muntik na kong hindi makagalaw sa pagkabigla. Agad ko syang tinulak ng manumbalik ang wisyo ko. Kusa ding tumaas ang kamay ko at dumapo sa pisngi nya ang palad ko.

**"B-b-bak-kit?"** Nauutal kong tanung.

Nanatili syang nakayuko. Hawak din nya ang kanang pisngi na sumalo sa sampal ko.

Nanginginig ang mga kamay ko. Nalilito ako, hindi ko maintindihan kung bakit nya ginawa yun. Ang gulo-gulo na ng nangyayari sakin, bakit dumagdag pa sya?

*Pakshit lang!*

Nakarinig ako ng pagsara ng pinto ng kotse. Naghurumintado ang puso ko sa takot at kaba. Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Dahan-dahan akong tumingin sa gilid ko.

Lalung nanginig ang katawan ko. Kakaiba ang naging tingin nya sakin....*Keifer.* Nagtatanung, puno ng pagtataka at unti-unting nagalit ang itsura nya.

*Nakita nya... Nakita nya.*

**"K-keifer..."** Tawag ko at humakbang palapit sa kanya.

Pero mabilis ang naging kilos nya. Sa pagkurap ng mata ko, nasa harap na sya ni David at lumipad na ang kamao nya sa muka nito.

*Shit!*

**"YOU FVCKING BASTARD!"** Galit na galit na sigaw ni Keifer.

Hindi ako makagalaw. Masyado akong nabigla sa ginawa nya. Napasandal si David sa kotse nya dahil sa lakas ng suntok ni Keifer. Kita ko ang pagdura nya ng dugo.

Muling nanunggab ng suntok si Keifer. Hindi na nakatayo si David at may dugo ng lumalabas sa ilong nya. Natatakot ako kay Keifer, hindi ko alam kung bakit.

Pero kung wala akong gagawin baka kung anung mangyari kay David. Ilang beses akong nagbuntong hininga para humugot ng lakas ng loob.

**"K-keifer... T-tama na."** Sabi ko habang palapit sa kanya.

Galit nya kong tinignan pero muling humarap kay David para muling suntukin. Kahit nanginginig ako, hinawakan ko sya sa braso para patigilin pero tinabig lang nya yon.

**"T-tama na... Please...."** Nag-uumpisa ng mamuo ang luha sa mata ko. **"...Keifer!"**

Nakataas ang kamao nya nung huminto sya. Kita ko kung panu nyang inihampas yun sa gilid ng kotse. Binitawan nya si David at dahan-dahang tumayo.

Napalunok ako sa takot. **"K-keifer..."**

**"Are you hiding something from me?"** Mahinahon pero puno ng paghihinala nyang tanung. **"...Are you in a relationship with David?"**

*A-anu?! Bakit ganito sya mag-isip?!*

Paulit-ulit akong umiling. **"H-hindi. W-walang ganun."**

Humakbang syang palapit sakin kaya napa-atras ako. Ganun pa rin ang tingin nya, para bang napakalaki ng kasalanan ko sa kanya.

**"What is he doing here?"** Muling tanung nya.

**"M-m-meron k-kasi----."**

**"Don't fvcking lie to me!"**

**"S-si Percy! Tumawag sya kay David at pinaka-usap sakin."** Nagmamadali kong paliwanag.

Huminto sya sa paglapit sakin. Naging mapanuri na ngayon ang tingin nya. Malalim ang bawat paghinga ko. Hindi pa rin nawawala ang takot ko.

**"...M-maniwala ka."** Halos pabulong na paki-usap ko.

*Please... Magtiwala ka sakin.*

**"Kasama din ba sa pag-uusap nyo ang halikan ka ni David?"**

Dahan-dahan ang pag-iling ko. Gusto kong humingi ng sorry pero parang inamin ko na din na may kasalanan ako. Ayokong ibigay kay David ang sisi, hindi ko naman alam ang dahilan nya.

**"Keifer."**

**"I want to pretend..."** Mahinahong sabi nya. **"...I want to pretend that i didn't see anything."**

Kagaya ng sinabi nya ng makita nya kami ni Yuri. Pero kung ang katumbas non ay hindi pagka-usap sakin ng tatlong araw o higit pa. Kakayanin ko, wag lang syang magalit ng ganito.

**"...But i can't. Pakiramdam ko nananadya ka."**

*Hindi ko gagawin yun!*

Agad akong lumapit sa kanya at hinawakan ang kamay nya. **"Hindi! Hindi! Hindi ganun yun!"**

Bigla nalang nyang tinanggal ang pagkakahawak ko sa paghatak sa kamay nya pabalik. Parang may kung anung kumurot sa puso ko sa ginawa nya na yun.

**"Don't touch me! Baka hindi ako makapag-pigil masaktan kita!"** Sigaw nya sakin.

Tuluyan na kong napahagulgol sa iyak. Ayoko ng ganito! Sobrang bigat sa dibdib nasasaktan na ko.

*Pakinggan mo naman ako!*

Umiling sya sakin at bigla nalang naglakad palapit sa kotse nya. Agad akong sumunod sa kanya ng makita ko syang pasakay.

**"Sandali! Keifer!"** Tawag ko at pilit kinakatok ang bintana ng kotse nya.

Hindi sya gumagalaw nung una pero bigla nalang nyang hinampas ang manibela ng kotse. Ilang beses nyang ginawa yun habang malalim ang bawat paghinga. Mas nilakasan ko pa ang katok sa bintana ng kotse nya.

**"KIEFER! PLEASE!"**

Hindi sya pwedeng umalis ng ganito kami. Kailangan naming mag-usap.

**"Kiefer----Sandali lang!"** Bigla nalang nyang pinaandar ang kotse.

Sinubukan ko syang habulin pero anung laban ng binti ko sa gulong ng kotse. Napayuko ako at napahawak sa tuhod ko pang-soporta.

*Tangina naman!*

Kailangan ko syang sundan. Kailangan ko syang maka-usap. Hindi ganito, hindi dapat ganito.

Bumalik ako sabay pero hindi pa ko nakakalapit sa gate ng magsimulang umulan. Napatingin ako sa kotse ni David, wala na yon at mukang naka-alis na sya.

**"Miss Jay-jay!"** Tawag sakin ng isa sa mga maid. **"...tumawag po si Sir Angelo, pauwi na raw po sila."**

Lalu akong naiyak sa sinabi nya, hindi dahil natatakot ako kay Kuya kundi dahil hindi ko maayos ang lahat kung andito sila.

*Bakit David?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 188

**A/N:** NO EDIT!

**Boiling point**

***Jay-jay's POV***

Hindi ko maiwasan na hindi maiyak. Bawat kilos ko parang lalabas ng lalabas ang luha ko. Hindi ko maintindihan ang lahat-lahat.

Lumabas ako ng kwarto at kasabay din non ang paglabas ni Aries sa kwarto nya. Napatingin ako sa kanya ng mapansin kong hindi sya gumagalaw.

Pinilit nyang maka-uwi galing ospital kagabi. Kaya pala nataranta sila Tita dahil ayaw syang payagan ng doctor. Matigas lang talaga ang ulo nya at gusto ng umuwi.

**"Dito talaga magstay ang Nanay mo? Anu akala nya sa bahay namin, Hotel?!"** Inis na tanung nya sakin.

Ayokong makipagtalo. Mas malaki ang pino-problema ko ngayon.

*Kailangan kong makita si Keifer.*

**"Aalis din sila."** Walang buhay kong sagot.

Nilagpasan ko na sya at dumiretso sa sala. Si Lola ang una kong nakita na nagbabasa ng dyaryo. Ngitian nya ko pero nawala din yon ng makita'ng naka-uniform na ko.

**"Hindi ka pa kumakain. Aalis kana?"** Tanung nya at agad na lumapit sakin.

**"Sa school nalang po ako kakain. May gagawin pa po kasi ako."** Paalam ko at niyakap sya.

Pakiramdam ko mas matagal na yakap ang kailangan ko mula kay Lola. Sa mga nangyari kagabi, parang gusto ko nalang umiyak ng umiyak sa tabi nya.

Nasa ganung posisyon kami ng marinig ko ang tawanan ni Mama at Andy. Parang sila lang ang magkasama sa bahay sa ginagawa nila. Hindi ba marunong mahiya tong dalawa na to?

Humiwalay ako kay Lola at inis na tinignan sila Mama na palapit samin.

**"Papasok kana Jay?"** Bungad ni Mama ng makita ako. **"...Kumain ka muna. Nagluto ang Tito Andy mo."**

**"Hindi na... May kailangan akong gawin."** Walang gana kong sagot.

*At ayoko rin kayong makita.*

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Agad akong lumabas ng bahay at kinuha ang bike ko. Mabilis akong nagpidal para makalayo sa kanila.

Wala naman talaga akong gagawin. Gusto ko lang talagang maka-alis ng bahay agad. Ayoko din silang makasabay kumain. Lalu nagiging mahirap sakin ang lahat kapag nakikita sila.

Ang sama ng ugali ko. Hindi ko kasi kayang maging fair sa kanila. Panu ko gagawin yun kung ako mismo hindi nakaranas ng '*patas*' sa buhay? Ang sarap isisi sa iba ng mga nangyayari sakin pero ang totoo walang dapat sisihin. Ipinanganak yata talaga ako para maging ganito.

*Malas sa maraming bagay.*

Kagabi, halos madurog ang cellphone ko kakatawag kay Keifer pero pinatay lang nya ang cellphone nya. Tumawag din ako sa bahay nila pero hindi pa daw sya umuuwi.

Kinausap ako ni Kuya Angelo kagabi wala nga lang akong naintindihan sa mga sinabi nya. Yung Hari kasi ang nasa isip ko.

*Kung panu na kami.*

Huminto ako sa tapat ng Mini Mart. Bago tuluyang pumasok, pinunasan ko muna ang pisngi ko. Nagsimula na naman kasi akong umiyak. Mabilis kong kinuha ang mga bibilhin ko.

Hindi naman kasi ako pwedeng bumili sa cafeteria ng school kaya dito talaga ang bagsak ko. Pre-heated food lang ang binili ko. Namili rin ako ng juice at tubig. Kumain muna ko sandali kahit ayaw tumanggap ng pagkain ng katawan ko.

*Kailangan mong kumain Jay!*

Tinignan ko ang cellphone ko sa pagbabakasali na nagreply sya sakin. Kagaya ng mga nakaraang araw, wala na naman syang sagot.

Ang saya ko kagabi nung nakita ko sya sa labas ng bahay. Sobrang namiss ko yung yakap na sinalubong nya sakin. Kahit muntik na silang magkagulo kagabi, naging masaya ako na nagpakita sya sakin.

*Pero panandalian lang pala.*

Galit na galit ako kay David. Akala ko hindi ko kayang magagalit sa kanya dahil hindi ko alam ang dahilan nya pero hindi ko din natiis lalu na ng bumalik lahat ng nangyari kagabi sa isip ko. Kung hindi sya nagpakita at hinalikan ako, hindi mangyayari to. Halos tatlong araw nya kong hindi kinausap nun sa nangyaring insidente samin ni Yuri. Panu pa kaya ngayon?

*Baka tuluyan na nya kong hindi kausapin.*

Natapos akong kumain at tinapon lahat ng pinagkainan ko sa basurahan. Muli akong sumakay ng bike at nagpidal papuntang school. Habang patuloy sa pagmamaneho, nakaramdam ako ng kakaiba. Para bang merong sumusunod sakin.

Sandali akong huminto at tinignan ang likod ko pero wala namang ibang sasakyan. Ibanalik ko ang tingin sa harap at saktong dumagondong ang maingay na tambutso ng motor.

*Big bike!* Yung ginagamit sa pagkakarera. Kulay pula at may tatak na Ducati, ang tumabi sakin. Naka-helmet na itim yung driver at kahit hindi ko kita ang muka nya ramdam kong nakatingin sya sakin at nakangisi.

Inirapan ko sya at agad na nag-pidal paalis. Kayalang talaga'ng nanadya yata yung naka-motor. Sinasabayan nya yung bilis ng bike ko. Huminto ako at ganun din ang ginawa nya.

Tinignan ko sya ng masama. Mumurahin ko na sana sya ng may isa pang motor ang tumabi sakin. Kulay puti at asul naman to na kapareho'ng Ducati din.

*Shit lang! Problema ng mga to?!*

Agad kong pina-andar ang bike. Binilisan ko pa ang pag-padyak. Kayalang, anung laban ng bike sa motor? Ang bilis ng tibok ng puso ko. Halong kaba at takot ang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung anung gusto ng mga to.

Mas lalo akong natakot ng mapansin kong hindi lang sila dalawa. May mga kasama pa sila na naka-sunod samin. Binilisan ko pa ang pag-pidal.

*Karera men! Karera!*

Sa halip na dumiretso ako sa school, umiba ako ng daan. Balak ko sanang idiretso sa police station para takutin sila. Pero bago pa kami makarating sa crossing bigla nalang silang huminto.

Nakatingin ako sa kanila at ng ibalik ko ang paningin sa harap, halos madurog ang hand break sa pagpindot ko. MAY TRACK SA HARAP KO! Itinagilid ko na rin ang bike pero tuloy-tuloy pa rin ang bike sa pag-slide pasalubong sa track.

Naipikit ko nalang ang mata ko at hinintay ang pagtama ng katawan ko. Pati paghinga ko halos pigilan ko na rin.

*Tangana!*

Malakas na lagabag ang narinig ko kasabay ng pagtama ng katawan ko. Tuloy-tuloy ang pagbagsak ko sahig kasabay ng pagtumba ng bike ko.

Gusto kong sumigaw sa sakit ng pagtama ko. Nayanig ang buo kong katawan.

**"Iha! Ayos ka lang?!"** Sigaw ng isang lalaki na mukang driver ng track.

Pinilit kong tumayo at tinignan yung mga naka-motor. Nagtatawanan sila at nag-fist bump sa isa't isa.

*Kingina nyo!*

**"Iha! Anung masakit sayo?! Dadalin ka namin sa ospital!"** Sabi ng isa pang lalaki na nakakita sakin.

Umiling ako. **"O-okay lang po ako. Kaya pa naman."**

Nilapitan ako ng ilan pang mga tao. Tinignan nila ang kabuuan ko. Yung iba naman nakiki-usisero lang.

"*Bakit mo naman sinalubong yung track?*"

"*Dalin ka na namin sa ospital!*"

"*Nakita ko sinusundan sya ng mga naka-motor!*"

"*Itawag nyo na sa pulis!*"

Pinakiramdam ko ding mabuti ang sarili ko. Baka kasi nasugat ako ng hindi ko namamalayan. Pero mukang sakit lang ng katawan ang natamo ko.

Buti nalang at nakahinto yung Track saktong pagtama ko. Malakas lang talaga ang impact. Lumapit ako sa bike ko na iika-ika ang isang paa.

*Wala na yung mga naka-motor!*

Tinayo ko yung bike ko at tinignan. Wala naman akong nakikitang sira. Tumabi muna ako sa daan para magpahinga saglit. Nakasunod pa rin sakin ang mga tao. Pinag-uusapan pa rin yung nangyari sakin.

**"Ayaw mo talagang magpadala sa ospital?"** Sabi ng isang matandang babae sakin.

Ngumiti ako sa kanya. **"Hindi na po. Pahinga lang po to."**

May ilang sandali pa kong nagstay don. Tinignan ko yung oras sa cellphone ko at halos masampal ko na ang sarili ko ng makitang hindi na ko naka-abot sa first subject.

*Kasalanan ng mga naka-motor!*

Kahit hindi makakilos ng maayos, pinilit kong makasakay sa bike at magpidal. Sumpa ang bawat pagpadyak ko dahil kumikirot ang binti at hita ko.

Tagaktak ang pawis ko ng makarating sa school. Isinusumpa ko talaga ang mga naka-motor na yon. Wag lang sila papakita sakin, sisipain ko sila sa muka!----kapag nawala na yung kirot sa binti ko.

*Shit lang! Ang sakit talaga!*

Wala na ring istudyante ang nakatambay sa labas. Sobrang late na kasi at mukang ako nalang ang hindi pa nakakapasok. Bumaba na ko sa bike at piniling itulak nalang yon.

Nakatuntong na ko sa building namin ng meron akong mapansin. Nakaka-ingay sila at parang nagkakagulo. Kinutuban ako na parang nag-aaway-away na naman sila. Binilisan ko ang paglalakad at halos ibato ko na yung bike ko.

Nakarating ako sa harap ng room at binitiwan ang bike. Nag-kakagulo nga sila! Si Mayo ang una kong nakita pagpasok ko. Pinipigilan sya ni Drew at Josh.

**"Tama na!"** Sigaw ni Mayo.

Pinilit kong makarating sa gitna at natakpan ko nalang ang bibig ko. Walang tigil si Keifer sa kakasuntok kay Kit. Puro dugo na ang muka nya at hindi na rin gumagalaw.

Galit na galit si Keifer at walang makapigil sa kanya. Hinanap ko si Eren pero pati sya pinipigilan din nila Rory at Edrix.

**"Tama na! Keifer! Maawa ka kay Kit!"** Sigaw ulit ni Mayo.

Nakakatakot! Ganyan din sya kagabi kay David. Kahit ilang beses ko ng makita, natatakot pa rin ako. Iba pa rin kapag malapitan ko na syang nakita'ng inilalabas ang galit nya.

*Baka kung anung mangyari kay Kit.*

Kahit nanginginig ako sa takot at sa sakit ng katawan, nilakasan ko ang loob ko at buong lakas na tinulak si Keifer.

**"TAMA NA!"** Malakas kong sigaw kasabay ng pagtulak sa kanya.

Halos hindi sya natinag pero sapat na yon para patigilin sya. Kinuha ko ang pagkakataon at agad na tinignan si Kit.

*Pakshit! Buhay paba to?!*

Nakakapang-lumo ang itsura nya. Halos wala ng makita sa mamaga ng dalawang mata. Wala rin tigil sa paglabas ng dugo nya sa ilong at bibig. Lumapit na rin si Mayo at Eren samin.

**"K-kit..."** nanginginig na sabi ni Mayo. **"...n-naririnig mo b-ba kami?"**

**"Pre... S-sumagot ka n-naman."** Sabi ni Eren.

Namuo ang luha ko sa mata habang nakikita sila. Nanginginig ang kamay ni Mayo ng hawakan nya ang leeg ni Kit para tignan ang pulso nito.

Bago ko pa man marinig ang sasabihin nya, may kamay na mahigpit na humawak sa braso ko. Pilit akong tinayo at hinarap sa kanya kaya ganun nalang ang kirot ng hita ko sa ginawa nya.

**"Umalis ka dyan."** Maotoridad na utos ni Keifer.

Pinilit kong bawiin ang kamay ko pero mahigpit ang hawak nya at nag-sisimula na kong masaktan.

**"N-nasasaktan ako."**

**"Talagang masasaktan ka!"** Sigaw nya.

**"Keifer!"** Sita sa kanya ni Yuri.

Kahit sya hindi man lang magawang awatin si Keifer. Lahat ba sila natatakot sa kanya? Wala man lang bang kayang patigilin sya? Wala man lang kayang lumaban sa kanya.

**"A-anung bang p-problema mo?"** Tanung ko habang pilit nilalaban ang takot ko sa kanya.

Naiiyak na ko sa sakit ng katawan ko. Ang hirap-hirap kumilos ng ganito. Hindi pa ko nakaka-get over sa ginawa ng mga naka-motor na yon.

**"Pag-sinabi ko, GAWIN MO!"** Sigaw nya sakin.

Bakit na naman ba? Anu na naman bang nangyari? Dahil ba to sa kagabi? Bakit kailangan maging ganyan sya?

**"A-anu ba----?"**

**"Did he kiss you?!"** Putol nya sa sasabihin ko habang nakaturo sa walang malay na si Kit.

*Hindi! Hindi naman nya natuloy yun!*

Walang lumalabas na boses sa bibig ko. Pakiramdam ko natakot din ang ibang parte ng katawan ko sa kanya.

Pag-iling ang tanging naisagot ko sa kanya para iparating ang nais kong sabihin. Binitiwan nya ko pero bigla nalang nyang sinipa ang isa sa mga table. Malakas na ingay ang nilikha non pero nanatiling tahimik ang lahat.

Nakakapanginig ng laman. Tanging tibok ng puso ko ang naririnig ko. Dahil sa lakas non, parang naka-speaker at mega-phone yun sa loob ko.

*Hinay-hinay sa pagtibok brad!*

**"Mayo..."** Tawag ni Keifer.

Kita ko ang pagkabigla at takot ni Mayo. Kahit si Eren na-alarma din sa pagtawag na yon.

**"...Repeat everything that you said earlier."** Utos nya.

Hindi ko maintindihan kung anu yon. Pero kita'ng kita ko kung panu kinagat ni Mayo ang sariling labi at yumuko. Labag sa loob nya pero wala syang magawa.

**"T-tinanung ko s-si Kit... K-kung gusto ba n-nya si Jay-jay"** Huminga sya ng malalim at at bumagsak ang luha. **"...k-kasi tinangka nyang h-halikan."**

Natigilan ako. Yung pangyayaring yon, pilit naming binaon sa limot at sikreto yon. Panung nangyari? Panu nyang binanggit yon? Panu narinig ni Keifer yun?

*Kingina! Kaya pala ganito na kinahinatnat ni Kit.*

**"Kung hindi ko pa kayo nahuling nag-aaway, hindi ko pa malalaman."** Sabi ni Keifer at naglakad-lakad sa harapan.

Nagulat kaming lahat ng bigla nyang ibalibag ang isang bangko malapit sa pwesto nila Mayo. Natakpan ko nalang ang bibig ko.

Tinignan ko ang lahat ng tao sa loob. Kompleto kami pero kahit isa sa kanila, walang magawa. Nakayuko at mga nasa sulok. Nakita ko si David na nangingitim ang nguso at gilid ng labi. Pikit din ang isang mata nya habang may nakadikit na ban-aid.

**"WHO ELSE?!"** Galit na sigaw ni Keifer at muling naglakad-lakad.
**"WHO THE FVCKING ELSE?!"**

Nakayuko ang lahat maliban kay Yuri. Puno ng pag-aalala ang tingin nya sakin. Gusto kong lumapit sa kanya at yumakap dahil sa takot na nararamdaman ko pero ayokong magaya sya kay Kit at David.

**"Ikaw!"** Sabi ni Keifer habang nakaturo kay Ci-N. **"...baka may ginawa ka rin kay Jay-jay na hindi ko alam!"**

*Wag si Ci-N! Wala syang laban sayo!*

Nanginginig si Ci-N at panay ang iling. Kita ko rin na malapit na syang maiyak sa takot.

**"Sure?! Baka naman may ginawa ka o kayo?!"** Lumapit sya kay Ci at kinwelyuhan. **"...baka naman may nangyari na sa inyo?!"**

**"Keifer!"** Sita ko pero hindi nya ko pinansin.

**"W-wala... H-hindi namin m-magagawa yun."** Nanginginig na sagot ni Ci-N at binitawan sya.

Muling umikot ang paningin si Keifer at huminto yun kay Calix. Napa-atras sya ng bahagyang lumapit sa kanya ang galit na galit na Hari.

**"Si Mica lang ba talaga?! Baka naman may gusto ka din kay Jay-jay?!"**

**"Si Mica lang."** Lakas loob na sagot ni Calix.

Naglakad-lakad si Keifer at huminto sya sa tapat ni Yuri. Bigla syang tumawa pero hindi dahil masaya sya, dahil parang may na-realize sya.

*Tama na Keifer!*

**"Syempre ikaw... Hindi pwedeng wala. Gawain mo yun diba, ang kunin ang sakin?"** Sabi nya at umiwas ng tingin si Yuri. **"...Si Freya tapos si Ella. Ngayon naman si Jay-jay!"**

**"Wala akong kinukuha sayo, lahat sila nasayo nung panahong gusto ko din silang makasama."** Seryosong sagot ni Yuri.

Nakakamatay ang titigan nilang dalawa. Lahat kami sa kanila nakatingin. Hinihintay ang magiging hakbang ng bawat isa.

Lumipat ang atensyon namin kay Kit ng umungol sya at bahagyang tinaas ang kamay. Meron syang malay, kailangan namin syang dalhin sa ospital. Hahakbang palang sana ko para makalapit pero may katawan na humarang sakin.

**"Don't even try."**

Nanlulumo akong tumingin sa kanya. **"K-kailangang madala s-si Kit sa ospital."**

Nilapit nya ang muka nya sakin. Napalunok ako ng magtama ang mata namin. Para syang ibang tao sa itsura nya. Malamig ang tingin pero puno ng galit.

**"Yun lang ba talaga?"** Pabulong nyang tanung. **"...baka naman may iba pa."**

Umiling ako. **"A-anu bang sinasabi mo?"**

Tinignan nya ko mula ulo hangang paa. Para bang meron syang iniisip. Napaatras ko ng lumapit na naman ang muka nya pero naging malaking pagkakamali yun. Tumama ang hita ko sa lamesa at napasinghap ako sa sakit.

*Ang sakit! Pvta!*

Nawalan ako ng balanse at babagsak sa sahig. Hindi na ko nakakuha ng pagkakataon na makahawak sa kahit na anung bagay para hindi bumagsak. Naipikit ko nalang ang mata ko pero may mabilis na sumalo sakin.

**"Ayos ka lang?"** Tanung ni Eman.

Itinayo nya ko pero kasabay non ang paglipad ng kamao ni Keifer sa muka nya.

*Anu ba?! Tangina naman!*

**"Keifer!"** Sigaw ko sabay hawak sa braso nya.

Galit nya kong tinignan at dinuro. **"You! Is that what you want?!"**

Binitiwan ko sya at sinabayan ang galit nyang tingin. Kailangan na nyang tumigil. Wala na sa lugar ang galit at selos na nararamdaman nya.

**"...Gusto mo talagang nilalandi ka ng mga to no?!"**

*Ay Gago!*

Nasampal ko sya dahil sa sinabi nya. Kanina pa ko nababastos pero nagpapasensya ako dahil sa galit nya. Kinakain din ako ng takot pero kung hindi sya titigil baka magkapisikalan talaga kami. Kahit magaya ako sa kalagayan ni Kit.

**"Bakit hindi ba?!"** Galit na tanung nya. **"...Kaya nga wala kang ginagawa! Baka naman yun talaga balak mo?! Magpalandi sa buong Section E!"**

*Kanina ka pa!*

Sinampal ko sya ng kaliwang kamay pero napigilan nya yun kaya naman sinuntok ko sya gamit ang kanang kamay. Bumagsak sya sahig pero agad din syang bumangon at tumawa.

**"Ang lakas mong sumuntok."** Komento nya habang tinitignan ang palad na pinahid nya sa labi.

**"Wag mo kong pagsasalitaan ng ganyan! Kausapin mo ko ng maayos at wag mo kong daanin sa pambabastos."** Sabi ko na puno otoridad pero kasabay non ang pagbagsak ng luha ko.

*Sira ang moment ko! Bwisit!*

**"Nababastos ka? Eh yung ginawa mo sakin... Hindi ba nakakabastos yun?"** Mahinahong sabi nya.

Napapikit ako ng marahan. Ang sakit sakin ng bawat salitang binibitawan nya. Alam kong nasaktan sya sa nangyari kagabi pero hindi ko naman ginusto yun.

**"Or maybe you're up to something?"** Biglang sabi nya na nagpa-iba sa atmosphere ng room. **"...baka naman balak mong landiin ang buong Section E para sirain kami?"**

**"Hindi ko gagawin yan. Kaibigan ko sila, Section E din ako----!"**

**"Oh no, you're not."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...You don't belong to us."**

Parang may sumaksak sa puso ko pagkasabi nya non. *H-hindi ako kabilang?* Naguguluhan ako.

Bigla nalang nya kong hinawakan sa braso at hinatak palabas ng room. Halos magmaka-awa ako dahil sa sakit ng katawan ko pero tanging pag-iyak lang ang nagawa ko.

*Ang sakit! Tama na!*

**"Keifer! Saan mo dadalhin si Jay-jay?!"** Dinig kong sigaw ni Yuri.

Pagtingin ko sa likod, nakasunod na yung iba samin at puno ng pag-aalala. Pinilit kong alisin ang kamay ni Kiefer pero mahigpit ang pagkakahawak nya.

**"Keifer! Maawa ka kay Jay-jay!"** Sigaw ni Ci-N.

Napatingin ako sa paligid ng pumasok kami sa Main building. Hindi naging maganda ang kutob ko. Dumiretso kami sa hagdan papuntang second floor pero isang baitang palang napasigaw na ko.

**"Argh!"** Sigaw ko at napaupo. **"...Keifer! Please."**

Hindi sya sumagot. Bigla nalang nya kong binuhat bridal style. Marahas ang pagkakahawak nya sakin kaya napaiyak naman ako.

*Tangina! Tama na!*

**"Keifer."** Pagsusumamo ko.

Walang syang naging reaksyon. Ibinaba nya ko pagdating ng second floor. Kinuha ko ang pagkakataon para makalayo sa kanya pero nahagip nya ang kamay ko at muli na naman akong hinatak.

Palapit kami sa room ng Section A kaya naman lalo akong nagpumiglas. Kahit sobrang sakit na ng katawan ko at kahit naninigas na ang binti ko pinilit ko pero parang naging manhid si Keifer.

*Anu bang nangyayari sayo?!*

Binuksan nya ang pinto ng room. Tumigil ang teacher sa pagtuturo at agad na tumayo si Aries sa pagka-alarma.

Muli na naman nya kong hinatak at pabatong itinulak kay Aries. Pero ang kagaguhan ng pinsan ko, itinulak din ako kaya dire-diretso ako sahig.

*Napaka-bait mong pinsan.*

**"You belong to him..."** Sabi ni Keifer at tinignan ko sya. **"...You belong to your stupid, fvcking, asshole----."**

**"Mr. Watson... Anu bang ginagawa mo dito?!"** --Teacher.

**"----cousin. Na magaling sa pagtatago sa pundya ng Kuya nya."**

**"What the hell are you doing here Keifer?!"** Galit na tanung ni Aries.

Pinilit kong makatayo pero nanigas ng tuluyan ang hita ko dahil sa sobrang sakit. Nakaramdam ako ng kamay sa braso ko. Tinignan ko yun at nakita ko si Mica na puno ng pag-alala.

Hindi sumagot si Keifer sa tanung ni Aries. Nanatili syang nakatingin sakin.

**"U-umalis na tayo dito. Nakakagulo lang tayo sa klase."** Sabi ko habang inaalalayan ako ni Mica na makatayo.

**"No. You're not leaving. You'll stay here co'z you don't belong to us. You're not part of our Section."**

Hindi ko napigilan ang luha kong bumagsak. Pinipilit kong hindi mag-react sa mga sinasabi nya. Napapahiya ako sa harap ng Section A. Nahagip ng paningin ako ang pagdating nila Yuri sa pinto.

**"So does here! Hindi sya pwede dito! Kaya nga sya napunta sa Section nyo kasi wala ring kwenta ang buhay nyan----parang kayo!"** Tuloy-tuloy na sabi ni Aries.

Parang lalong nadagdagan ang bigay sa dibdib ko. *Walang kwenta?!* Parang naging ibang tao ako sa kanya. Kung magsalita sya, parang hindi nya ko kamag-anak.

*What do you expect Jay?!*

Oo nga pala! Ayaw nga pala nya kong maging kadugo.

**"Hindi sya bagay sa Section nyo pero bagay syang dumikit sayo dahil parehong-pareho kayo!"** Galit na sabi ni Keifer at nagkuyom ang kamao ni Aries. **"...The best thing you should do?! Idikit mo sa pundya mo o pagdugtungin mo pusod nyo!"**

**"Tama na Keifer."** Walang buhay na sabi ko pero hindi nya ko pinansin.

**"What the hell?! Last time i check you're her knight and shining asshole! Now you're dumping her?"** Sagot ni Aries habang nakangiti at napapailing. **"...Buti pa bumalik na kayo sa Classroom nyo. Sayang lang ang effort mo sa pagkaladkad sa kanya papunta dito."**

Sa paraan ng pag-uusap nila. Pakiramdam ko napaka-walang kwentang tao ko. Para akong gamit na damit na pinag-papasahan nila. Napatingin ako kay Mica ng mapansin kong sumisenyas sya.

Tinignan ko yung direksyon na tinitignan nya. Nakita ko sila Calix at yung iba pa, nasa pinto na sila at pinapanood din yung dalawa.

**"Talking like you don't care about her."** Sabi ni Keifer.

Ngumiti si Aries na puno ng pagyayabang. **"Because i really don't... Kahit kaladkarin mo pa yan, idamay sa lahat ng gulo o ibasura nyo. I don't fvcking care!"**

**"Aries!"** Sita ni Ella.

Ramdam kong anu mang oras sasabog na ko. Hindi ko na kayang pakinggan pa yung mga sinasabi nya.

Hinawakan ko yung kamay ni Mica para alisin yun. Taka nya kong tinignan pero hinayaan nya ko. Kahit sobrang sakit pinilit kong maglakad ng normal.

Bawat hakbang ko kasabay ay ang pagpatak ng luha ko. Nakita ko si Yuri na lalapitan ako pero sinenyasan ko sya ng *wag na*. Pinagtitinginan ako ng Section A at Section E habang naglalakad.

*Hindi nga kasi ako kabilang sa kanila.*

Nilagpasan ko sila Ci-N na nakatingin sakin. Si David na halatang gustong lumapit sakin. Wala si Mayo, Josh at Eren dahil siguro naiwan sila para alalayan si Kit.

Mabuti nalang at may klase pa, baka kasi kainin na ko ng kahihiyan kung makikita nila ko ng ganito. Sobrang sakit ng hita at binti ko, lalu na ng pababa ako ng hagdan.

*Ang sarap sumigaw sa sakit!*

Hindi ko alam kung ganu na ko katagal naglalakad pero wala man lang kahit isa sa kanila ang sumunod sakin. Hindi sa umaasa ako----pero umaasa talaga ako! Umaasa ako na kahit isa lang sa kanila sumunod sakin at mag-ipaliwanag ang nangyayari. Umaasa ako na isa sakanila magso-sorry sakin.

*Umaasa ako na si Keifer.*

Paglabas ko ng main building nakita ko si Josh. Dala nya ang bag nya at hawak hawak ang bike ko. Taka ko syang tinignan pero seryoso ang muka nya.

**"Dinala na nila sa ospital si Kit. Sumunod na tayo."** Sabi nya habang hinihintay akong makalapit sa kanya.

**"H-hindi yata maganda kung sasama pa ko."**

**"Hindi naman para kay Kit para sayo."**

Hindi ko na-gets ang ibig nyang sabihin pero ng mapayuko ako, napansin ko yung binti ko na may mga gasgas. Nag-uumpisa na ring mamuo ang mga pasa. Pati braso ko kumikirot na rin.

Nagpilit ako ng ngiti. **"S-sige."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 189

**A/N:** NO EDIT!

**The Prince**

***Aries's POV***

**"...Umalis kayo! Alis!"** Pagtataboy ng teacher kila Keifer at sa mga kaklase. **"...Mga batang to! Nag-hahanap lagi ng away!"**

Umalis ang mga Section E pero iniwanan ako ni Keifer ng masamang tingin. They interupt our class just to humiliate Jay-jay. How stupid!

Lumabas ang teacher namin. Sure akong didiretso sya sa guidance para ireport ang nangyari. Naiwan kaming lahat na naka-tingin lang sa pinto.

**"You don't need to say those words, Aries!"** Galit na sabi ni Ella.

Hindi ko sya pinansin. Hindi pa kami ayos pero kung pagsalitaan nya ko parang sya na ang masusunod.

"*Kawawa naman si Jay-jay.*"

"*Halatang may masakit sa kanya.*"

Dinig kong bulungan ng mga classmate ko. Napansin ko din yun, the way Keifer hold her... Parang ang sakit-sakit na sa kanya. I ignore it because i don't want to show any sympathy.

**"Uy... Aries. Bakit mo naman ginanon yung pinsan mo?"** Parang bata na sabi ni France---one of my classmate. **"...Nakita ko kaya yun kanina. Binundol nya yung track."**

*Binundol nya ang Track? Sya pa talaga ang bumundol sa Track.*

**"Magbabalita ka lang baliktad pa."** Sabi ni Mykel habang pinagtatawanan sya.

**"Hindi! Kasi nakahinto na yung Track, tapos sya tuloy-tuloy pa rin sa bike tapos yun. Booogggghhh!"**

Kaya ba ganun ang itsura nya? Kaya ba parang hirap na hirap sya? What the hell Jay?!

**"You should check your cousin."** Utos ni Ella habang katabi si Mica na nakatingin din sakin.

**"Wag mo kong utusan."** Maotoridad na sagot ko.

Ramdam ko ang pagtingin ng buong klase sakin. Ngayon lang nila kong narinig na nagsalita ng ganito kay Ella. Wala naman kasing nakaka-alam na nag-away kami o mas tamang sabihin na naghiwalay na kami.

*After all this time. Still him...*

**"Ella is right."** Biglang sabi ni Freya habang patuloy sa pag-nail filing. **"...I heard nagkakagulo ang Section nila. Isunugod daw sa ospital si Harington."**

Seriously? What is wrong with their Section? Malakas na naman ba ang topak ni Keifer? Bakit wala man lang ginagawa si....si Yuri?

Malakas ang naging buntong hininga ko. Lumabas ako ng room at dumiretso sa hagdan. I don't have any plan on checking Jay-jay. Why should I?

*Yeah... Why should I?*

Dumiretso ako sa rooftop kung saan madaling makita ang building at room nila. Nasa labas yung iba, samantalang parang may nag-aaway naman sa loob ng room.

Tinignan ko yung paligid malapit sa mismong room nila. Hindi ko makita yung bike ni Jay-jay----infact i don't see her at all.

Kinuha ko yung phone ko sa bulsa. I dial Kuya's number.

**["*Is anything wrong?*"]** Bungad nya sakin.

**"None."**

**["*I thought something bad happen to you.*"]** Ramdam ko ang pag-aalala sa tono nya.

Hindi ko sya masisisi, ipinagpilitan ko kasi ang pag-labas sa ospital. Ayoko don! Marami akong naaalala kapag nasa ospital ako. Kapag nakahiga ako sa hospitla bed at may nakaka-kabit na swero.

**"Nothing *bad* happen."** I said emphasizing the word 'bad'. **"...I just want to know if Jay-jay is there."**

**["*If the* 'there' *that you're talking about is our house... I don't know. I'm not at home.*"]**

*Tsk!*

**"Okay... Thanks."** Sabi ko at akmang papatayin ang tawag pero narinig ko syang nagsalita.

**["*Wait... Wala ba si Jay-jay dyan sa school?*"]**

**"Andito... Hindi ko kasi alam kung umuwi sya. Masama kasi ang pakiramdam."** Palusot ko.

Hindi ko pinagtatakpan si Jay-jay. Ayoko lang na tanungin pa ko ni Kuya. Hahaba lang ang usapan at aabot na naman kami sa nakaraan.

**["*I see... Itetext ko din si Mama para ma-confirm. Thanks.*"]**

Hindi na ko sumagot. Pinatay ko na ang tawag habang nakatingin pa rin sa room ng mga Section E. Sakit sila sa ulo, kahit maraming mayaman sa kanila ayaw silang asikasuhin ng mga head teacher at board member.

Hindi lang daw kasi pera ang basehan nila sa school. I guess they're telling the truth. Hindi namin kasing yaman si Keifer or Yuri, yet they choose to obey me.

*Because of Michael Angelo Fernandez.*

The King that was once on throne. Everything becomes easy for me because of his name. Binigyan din nila ko ng title....*The Prince*----but i never let them call me that.

Sa unang tingin, ako ang Prince dahil kapatid ko ang King. Pero hindi yun ang nakikita ko! They call me Prince because i will never be the King on throne. I will never be the man like my brother. At hinding-hindi nila ibibigay sakin yun.

*Dahil matagal ng nakuha ng iba.*

I hate myself for being like this. Kahit kelan lagi akong pangalawa. Pangalawa kay Percy dahil mas magaling syang magpasaya ng iba. Pangalawa kay Yuri dahil mas matalino sya. Pangalawa kay Keifer dahil mas magaling sya.

At higit sa lahat pangalawa kay Jay-jay sa pamilya dahil priority sya. Napangiti ako ng mapait ng maalala ko sya. Kung panu ko sya sunduin sa kanila para makipaglaro. Kung panu ko sya patahanin kapag umiyak sya. Kung panu ko iparamdam sa kanya na mahal na mahal sya ng Kuya nya.

But it will never happen again. I will never done it again. Kasalanan nya lahat ng nangyayari sakin. Kasalanan nya kung bakit ako nagkasakit. Kasalanan nya kung bakit naaksidente kami ng gabing yon at nawala sakin ang mga kaibigan ko.

*This is all your fault! I have no reason to show you sympathy.*

++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Wag nyo nalang po sabihin sa kanila."** Paki-usap ko kay Lola habang idinidikit ang ice bag sa balikat ko.

Tinignan ako ni Lola ng may pag-alala. Sya lang ang naabutan ko sa bahay pag-uwi. Umalis na daw kasi si Mama at Andy, ganun din sila Tita Gema at Tito Julz. Si Kuya naman nasa company *keneme* nila.

**"Hindi pwedeng hindi... Tignan mo nga yang itsura mo."** Sagot nya sakin habang tinuturo ang ilang galos na nakuha ko.

**"Mabilis naman po yang mawawala."**

Malalim na buntong hininga ang binitiwan nya. Lagi syang ganyan tuwing uuwi ako sa bahay na merong pasa at sugat. Dahil pagod sa pakikipag-away, pinipili ko nalang na talikuran sya.

**"Ang tigas parin kasi ng ulo mo! Nagpunta ka na ba ng ospital?"**

Nag-nod ako bago kunin yung xray at result ng check up ko. Binuksan ko yun at hinarap sa kanya ang result. Tinignan muna nya ko bago kuhanin yon at basahin.

Wala namang fracture sa buto. Muscle lang talaga yung napuruhan sakin kaya tambak na pain reliever ang nireseta sakin ng doctor. Pinayuhan din nya ko ng cold compress para sa mga area na may pasa at makirot.

**"Hay naku Jay! Kaya nga kita hinayaan dito dahil alam kong magtitino ka sa puder ng Kuya Angelo mo... Pero eto ka at umuwing masakit na naman ang katawan."** Sermon nya sakin at binaba ang result sa tabi ko.

Tanging pag-yuko nalang ang naisagot ko. Wala ako sa lugar para sumagot. Oo, minsan nakakasawa yung ginagawa nya pero kung hindi naman mali yung ginawa ko hindi naman sya magagalit at magsesermon.

**"Sorry po."** Halos pabulong kong sabi.

Dahang-dahang kinuha ni Lola yung cold compress at inalalayan akong makahiga.

**"Matulog ka muna... Mas kailangan mo yon kesa sa sermon ko."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Ngumiti din ako sa kanya. Inayos nya ang kumot ko at hinalikan ako sa noo. Lumakad na sya paalis at sinara ako pinto. Tinignan ko ang oras sa wall clock. After lunch pa lang pero hinahatak na ko ng antok. Siguro dahil na rin sa pagod.

Sunod-sunod ang naging paghikab ko. Nakatingin ako sa kisame at paulit-ulit na nagplay sa utak ko ang mga nangyari. Sa mga taong naka-motor at sa mga pinag-sasasabi ni Keifer.

Masakit ang katawan ko pero mas masakit ang mga sinabi nya. Pakiramdam ko sinuntok ang puso ko ng walang kalaban-laban at hindi pwedeng gumanti. Hindi ko alam na ganito ang kayang gawin ni Keifer ng dahil sa selos.

Humilig ako at niyakap ng mahigpit si Snorlax. Akala ko dati kapag sinabing love pa-easy-easy lang. Hindi naman kasi ako nasaktan ng husto sa first boyfriend ko. Nagalit lang ako dahil bakla pala sya at ginamit lang ako para hindi malaman ng buong school.

*Kingina nya! Bandang huli mas maganda pa sya sakin.*

Hindi rin ako nakaramdam ng sakit kay Cyrus. Hindi ko naman kasi sya sineryoso dahil alam kong ganun din sya sakin. Natakot lang ako dahil nasaktan ko sya ng ganun-ganun lang.

Ngayon lang! Ngayon lang sa Kinginang buhay ko ako nakakaramdam ng ganito ng dahil lang sa mga salitang binitiwan nya. I never thought that words can actually hurt people like a knife. Oo, nasaktan ako sa mga salitang narinig ko dati tungkol sakin at kay Mama pero iba yung kanya.

*Siguro kasi mahalaga sayo yung nagsabi.*

Napahigpit ang yakap ko kay Snorlax. Kung may nagsasalita lang to, malamang namura na ko nito. Lagi nalang kasi sya ang nasasaktan kapag kakaiba yung pakiramdam ko.

Ipinikit ko ang mata ko para tuluyan ng makatulog. Gusto ko munang ipahinga ang isip at katawan ko. Hindi naman ako nabigo dahil nakatulog din ako agad.

Nagising ako sa medyo madilim na sa labas. Bahagya akong umiba ng pwesto. Sumasakit ang ulo ko, hindi ko alam kung dahil sa sobrang tulog o kulang pa.

Narinig ko ang malakas na tawanan nila Mama at ng iba pa sa Sala. Bumangon ako at tinignan ang oras sa wall clock, 6:42pm na. Kinuha ko din ang cellphone ko para tignan kung may message ako galing sa kanya.

*Nga-nga!*

Walang galing sa kanya. Merong galing kay Yuri at sa nga Ulupong at kinakamusta nila ko. Wala akong gana sumagot sa mga text nila. Bumangon ako sa dumiretso sa banyo para mag-ayos.

Nakaramdam na rin ako ng gutom kaya nagmadali na rin akong bumaba. Nakita ko sila Mama at Tita na Gema sa Sala. Kasama si Tito Julz at Andy. Andun din si Lola na kausap si Kuya Angelo.

Tinignan nila ako pare-pareho. Ang nakangiting si Mama ang una kong napansin. Kakaiba kasi ang ngiti nya at parang tuwa'ng tuwa sya.

**"Okay kana ba Jay?"** Tanung nya sakin habang tinitignan ako mula ilo hangang paa. **"...Tara dito. Sumalo ka samin."**

*Huh?!*

Napataas ang isang kilay ko. Anung meron sa kanya? Hindi ko sya pinansin at dumiretso sa kusina. Gusto ko na kasi talagang kumain.

**"Hayaan nyo na... Baka masama pa rin ang pakiramdam."** Dinig kong sabi ni Tita.

Kumuha ako ng pagkain sa ref. Lahat ng pwede kong lapangin ng mabilisan dinampot ko. Bahala ng makagalitan mamaya.

Kasalukuyan akong kumakain ng marinig ko ang busina ng sasakyan ni Aries. Hindi na ko nag-abalang tumayo pa para silipin sya.

*Para saan pa kung makita ko sya?*

Walang magbabago. Galit sya sakin at ayaw nya kong makita. Hindi nya ko tanggap. Naiintindihan ko naman sya, sino bang gusto maging kadugo ang kagaya ko.

Pinagpatuloy ko ang pagkain. Nakarinig ako ng parang nag-aaway sa sala. Hindi ako sigurado pero nangingibaw ang boses ni Mama. Kahit hindi pa ko tapos kumain, pinili kong silipin sila.

Hindi pa ko tuluyang nakakalapit dinig na dinig ko ang mga pinag-sasabi nila.

**"...Wag mo kong sagutin ng ganyan!"** Sigaw ni Mama.

**"Get out of our house! Hindi kita gustong makasama dito!"** Sagot naman ni....Aries?

*Anyare?*

Nakarating ako sa Sala pero nakila Mama at Aries ang atensyon ng lahat. Inaawat ni Andy si Mama samantalang si Tita Gema naman ang pumapagitna sa kanila.

**"Aries! Stop it!"** Sigaw ni Kuya pero mulang wala talagang balak magpa-awat si Aries.

**"Hoy! Wala kang utang na loob!"** Sigaw na naman ni Mama.

**"Utang na loob?! Bakit?! Anung bang nagawa mo sakin?! Binuhay mo lang ako tapos itinapon na parang basura!"** Galit na sabi ni Aries.

*Teka! Binuhay tapos tinapon?!*

Naguguluhan ako sa pinag-aawayan at pinag-sasabi nila. Hindi ko din maintindihan kung bakit galit na galit si Aries kay Mama. Wala akong maalala na nagkaroon sila ng away dati.

**"Gema!"** Sigaw ni Mama kay Tita. **"...Yan ba tinuturo mo sa mga anak ko dito?!"**

*Mga anak?!*

**"At least sila may tinuturo! Ikaw wala!"** Sagot ni Aries bago pa makapag-salita si Tita Gema.

**"Kung alam ko lang magkaka-ganyan ka, sana hindi na kita pina-ampon!"**

*PUT.A.TANG.IN.A.GLASS!*

Pakiramdam ko huminto ang pagtibok ng puso ko. Nagtayuan ang balahibo ko sa batok at kasunod non ang panlalambig ng kamay ko.

**"Jay-jay?"** Tawag ni Lola sakin ng makita nya ko.

Agad na nalipat ang atensyon nila sakin. Ang kaninang galit ni Mama ay napalitan ng pagkapahiya. Agad na lumapit sakin si Tita Gema at Lola.

**"Jay... A-anu..."** Panimula ni Tita at alam kong hindi nya alam ang tamang word na sasabihin sakin.

**"Anu yan? Hindi pa rin nya alam?"** Naiinis na tanung ni Mama at tumingin ng masama kay Aries. **"...At talagang wala kang balak na sabihin sa kanya?"**

**"Tsk! Panu ko pa sasabihin? Sinabi mo na!"** Pabalang na sagot ni Aries.

**"ARIES!"** Galit na galit na sigaw ni kuya. **"...Go to your room. Now!"**

Irap ang huling binigay sakin ni Aries bago tuluyang umalis. Nanatili akong hindi gumagalaw at nakatingin lang sa kawalan. Merong sinasabi sila Tita at Lola sakin pero wala akong naririnig.

*Gusto kong magkaroon ng Kuya*....yun ang lagi kong sinasabi dati nung maliit pa ko. Naiingit kasi ako kay Aries dahil meron syang Kuya Angelo. Nung sinabi sakin ng mga kamag-anak ko na meron daw akong kapatid na lalaki, pinangarap ko na maka-harap sya.

Pero ni-minsan hindi pumasok sa isip ko na yung batang laging nag-aaya sakin maglaro, yung batang tinuruan akong mag-bike at yung batang kinilala kong pinsan ay ang kapatid na hinihiling ko.

*Pakshit lang! Pinaglalaruan ba ko?!*

**"D-dun na po ako sa kwarto ko."** Ang tanging nasabi ko.

Walang pumigil sakin. Hinayaan nila kong maglakad na parang wala sa sarili. Ang lakas kasing maka-gago.

*Jay... Matagal mo ng nakaharap ang Kuya mo.*---Percy (Chapter 97)

Kaya pala ganun ang sinabi nya. Alam din nya ang totoo. Alam din nya na si Aries ang kapatid ko.

*Ang galing! Ang galing talaga!*

Muka akong tanga kakaisip sa kalagayan nya. Kakaisip kung masaya sya sa kinikilala nyang pamilya. Kung may kapatid din ba sya don.

A fvcking nice question pero kaharap ko lang pala ang sagot. Shit! Hindi ko ma-imagine kung gano ako katanga.

**"You now know the truth, but that doesn't change anything between us."** Biglang sabi ni Aries na nasa harap ko na pala.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. **"Oh?"**

**"Don't expect me----."**

**"I don't expect you to do anything. Alam ko naman... Ayaw mo nga akong maging pinsan, kapatid pa kaya."** Putol ko sa sasabihin nya.

**"Buti alam mo."** Sabi nya at umalis na sa harap ko.

Napairap nalang ako sa sobrang inis. Tumuloy na ko sa kwarto ko at sinara ang pinto. Kusa nalang akong napaluhod habang nakahawak pa rin sa pinto ng kwarto ko.

Hindi ko alam, sobrang nanlambot ako at bigla nalang din akong umiyak. Pinipigilan ko ang mapasigaw dahil baka marinig nila ko pero pakiramdam ko anu mang oras sasabog na ko.

Yung mga bagay na naiisip kong gawin kapag nakaharap ko na yung kapatid ko, hindi ko pala pwedeng gawin. Yung expectation ko na magiging usapan namin hindi rin naman magkatotoo.

*Tang'na lang! Bibigyan nalang ako ng kapatid yung kagaya ko pang may saltik!*

Ang daya kasi, sobrang daya. Napahawak ako sa dibdib ko habang patuloy pa rin sa pag-iyak. Bakit sya pa? Bakit kailangang sya pa?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 190

**A/N:** NO EDIT! Sorry kung matagal. Alam nyo na.... Ang ganda kasi ni Author----charot!

**Open ears**

***Jay-jay's POV***

Gusto kong lumabas ng kwarto. Gusto kong buksan ang pinto at ihakbang ang paa ko palabas. Gusto ko dahil nagugutom ako.

Hindi na ko nakapag-hapunan ng dahil sa nalaman ko. Akala ko uurong ang gutom ko dahil sa mga nangyari pero mukang ayaw makidamay ng sikmura ko sa drama ng buhay ko.

Pero natatakot ako, natatakot ako na sa pagbukas ko ng pinto may panibagong lihim na naman akong malalaman.

*Baka may kakambal ako na hindi ko alam?!*

Tinignan ko ang oras sa wall clock, 11:39pm. Sure akong tulog na ang mga tao sa bahay pero kahit ganun natatakot pa rin ako.

Malakas ang naging pagtunog ng tyan ko. Para bang nagsusumigaw ng '*Kingina! Pakainin mo ko!*'. Hindi ko pwedeng idaan sa tulog ang ganitong gutom, hindi na nga ako nakakain ng maayos kaninang tanghali.

Labag man sa loob ko, pinihit ko ang doorknob at unti-unti hinataka palapit sakin. Sinilip ko sandali ang labas, patay na ang mga ilaw. Kinuha ko ang phone ko at ginamit ang liwanag nito para nagsilbing tanglaw sa daan ko.

*Lalim sa tanglaw!*

Dahan lang ang bawat paghakbang ko----*teka nga!* Muka akong magnanakaw sa ginagawa ko! Binilisan ko ang lakad at dumiretso sa kusina. Nakita ko pa ang ilan sa mga maid na papasok sa mga kwarto nila.

Binuksan ko ang ilaw pagdating ko sa kusina. Malayo pa pero kita'ng kita ko na ang magbibigay buhay sakin. Ang gagamot sa sakit na nararamdam ko. Ang magpapasaya sa malungkot kong puso.

*Ang refrigerator!*

Itoy isang portal na magdadala sakin sa kakaibang paraiso. Binuksan ko ang pinto ng ref at napapalakpak ako sa nakita ko. Ang daming natirang ulam at merong pang cake!

Kumuha muna ako ng ulam at ininit yun sa microwave. Habang naghihintay tumingin pa ko ng pwedeng kainin. Meron pa kong nakitang Chuckie na bahagyang nagpatawa sakin.

*Pffttt... Bata!*

Alam ko kung kanino ang Chuckie na yun. Kay Kuya Angelo yun, madalas nyang inumin kapag nai-istress sya. Iniisip ko tuloy kung pwede ba kong kumuha kayalang baka magalit naman si Kuya. Pero hindi naman nya malalaman kung sino.

Malapad ang naging ngiti ko. Kinuha ko yung isa at inalog yun. Tatanggalin ko na sana ang straw na naka-dikit sa likod ng mapatingin ako sa pinto ng kusina. Cross arm na nakatingin sakin si Aries habang walang reaksyon.

Mabilis kong binalik ang Chuckie sa ref at sinara yun. Patay malisya akong bumalik sa microwave para tignan yung iniinit ko. Narinig ko ang yabag nyang palapit sa pwesto ko.

Kinabahan ako sa hindi ko maintindihan na dahilan. Hindi ako nakagalaw at para akong hihimatayin. Naramdaman ko nalang ang presensya nya sa likod ko kaya napapikit ako.

Hinintay ko kung may sasabihin sya o gagawin. Nang marealize kong wala, dumilat ulit ako at nakita ko ang daliri nyang palapit sa microwave. May pinindot sya at umilaw ang loob non kasabay ng pag-ugong.

*Ang tanga! Nakalimutan kong pindutin yung choices.*

Napakamot ako sa ulo at nilingon sya. Wala na sya sa likod ko. Kumuha sya ng tasa at nagtimpla ng kape. Binalik ko ang tingin sa microwave ng mag-bell yun. Kumuha muna ko ng plato na pagsasalinan.

Akala ko aalis na sya matapos magtimpla ng kape pero nag-stay pa rin sya don, malapit sa sink. Matapos makuha ang mga kailangan ko nagsimula na kong kumain. Muka akong ewan dahil sa pagsulyap ko sa kanya sa bawat subo.

Hindi naman sya tumitingin sakin kaya hindi ko alam kung napapansin nya ko. Habang patuloy sa pagkain, paulit-ulit na naglaro sa isip ko ang nangyari kanina. Kakaiba sa pakiramdam.

Pero may pinag-tatakhan lang ako. Yung edad nya at edad ko, pareho. Sure akong hindi kami kambal dahil mas matanda daw sakin ng isang taon ang Kuya ko. Naguguluhan tuloy ako.

**"Tigilan mo ang pagtingin-tingin sakin."** Sabi nya na nagpatigil sakin sa pag-iisip.

**"S-sorry..."** Halos pabulong kong sabi. **"...Ari----anu pa lang itatawag ko sayo?"**

Gusto kong sampalin ang sarili ko sa tinanung ko. *Seriously?!* Tumaas ang isang kilay nya dahilan para mapayuko ako.

**"Nothing will change."** Madiin nyang sabi.

*Okay.... Aries pa rin. Aries the horoscope! Kamusta si Taurus?*

Hindi talaga mawala sa isip ko yung edad namin. Ayoko pa sanang pag-usapan yung mga ganung bagay sa kanya dahil sariwa pa ang lahat, pero hindi ko mapigilan na hindi magtanung.

**"Aries... B-bakit pareho t-tayo ng edad?"**

Muling tumaas ang isang kilay nya. Kasabay ng matalim na tingin sakin habang umiinom sa tasa.  Dinaig pa ko sa pagtaas ng kilay. Kulang nalang ahitin nya yung sa kanya para mataray na mataray.

Binaba nya ang tasang hawak at nagbuntong hininga. Walang buhay ang kanyang mga mata na tumingin sakin.

**"Mas matanda ako sayo ng isang taon. Sinabi ko lang magkasing-edad tayo para hindi mo isipin na baka ako ang Kuya mo."** Paliwanag nya.

Nag-nod lang ako biglang pagtanggap sa sinabi nya. Kaya pala tinatawanan nya ko dati kapag binabati ko sya sa birthday nya, mali pala kasi yung edad na sinasabi ko.

Nakaramdam ako ng lungkot. Kahit noon pa, ayaw na talaga nyang ipaalam sakin. Hindi ko alam ang kwento kung bakit sya pinaampon. Sinasabi ng mga kamag-anak namin na para daw sa ikakabuti namin pareho.

*Pero hindi naman naging mabuti.*

Hindi na ko nagsalita. Natapos ang pag-inom nya ng kape at umalis na. Naiwan akong mag-isa habang nakatitig sa pagkain sa harap ko.

Nakakainis yung ganito! Alam kong galit sya sakin. Malaking bahagi ko ang nalulungkot dahil hindi kami magkasundo sa kabila ng mga pinag-daanan namin pero may galit din ako sa kanya. Pinsan ang tingin ko sa kanya kaya naman hinahayaan ko lang sya at sinasagot kapag may pagkakataon.

Pero ngayon na alam ko na ang totoo, gusto kong magka-ayos na kaming dalawa. Kahit hindi kagaya ng dati pero at least alam namin na okay kami. Hindi man nya ko kilalaning kapatid, ayos lang sakin.

Pinigilan ko ang luhang nagbabadya sa mata ko. Tinapos ko agad ang pagkain at hinugasan ang pinagkainan. Pati yung pinag-inuman ni Aries hinugasan ko na rin.

Pinatay ko ang ilaw at mabilis na bumalik sa kwarto ko. Naglinis muna ko ng katawan bago tuluyang nahiga sa kama. Blanko ang isip ko hangang sa makatulog ako.

Nagising ako sa malakas na katok sa kwarto ko. Para bang may kaaway ako na naghahanap sakin. Wala naman nagsasalita, katok lang ng katok.

*Gandang pang-gising!*

**"Gising na!"** Inis na sigaw ko kaya tumigil ang pagkatok.

Bwisit! Ang aga-aga mambulahaw ng lintik na yon. Maka-katok wagas parang wala ng bukas. Padabog akong bumangon. Cellphone ko ang una kong tinignan, nagbabaka-sakali.

Nakaramdam ako ng lungkot. Malalim ang naging buntong hininga ko. Hangang ngayon hindi pa rin sya sumasagot sa mga text ko. Nakapatay ang cellphone nya kapag tinatawagan ko.

*Shit naman! Keifer...*

Tumayo ako at dumiretso sa banyo. Nag-ayos na ko para makapag-almusal. Paglabas ko ng kwarto saktong labas din ni Aries sa kwarto nya. Walang buhay nya kong tinignan bago tuluyang lumakad paalis.

Dati kapag tinititignan nya ko ng ganyan, iniirapan ko lang sya. Pero ngayon parang ang bigat na sa loob.

Pagdating sa Dining, boses ni Mama ang nangingibabaw sa pagtawa at pagku-kwento.

**"Good morning Jay!"** Naka-ngiti nyang bati sakin.

*Walang good sa morning ko!*

**"Good morning din."** Sagot ko bago maupo.

Katapat ko si Aries na nagsisimula ng kumain. Para syang walang paki-alam sa mga tao sa paligid nya. Nakayuko at sunod-sunod ang subo.

Sinimulan ko na ding kumain at umarteng walang paki-alam sa mga nasa paligid ko. Pero dinig na dinig ko pa rin ang mga usapan nila.

**"Magiging okay din sila... Lalu na nga yon."** Sabi ni Mama.

**"Parang hindi naman. Tignan nyo sila."** Sabi ni Lola at ramdam ko ang pagtingin nila samin.

Sabay kaming nag-angat ni Aries ng tingin at nagsalubong pa ang mga mata namin. Agad akong umiwas sa pagtingin kila Lola.

**"B-bakit po?"** Patay malisya kong tanung.

Ngumiti lang naman sila sakin. Ang lakas nila maka-loko sa totoo lang. Obvious naman na kami ang topic nila. Feeling ata nila magiging okay na kami ni Aries dahil alam ko na ang totoo.

*Pero feeling lang nila yun.*

Naunang natapos kumain si Aries. Halos magkasunod lang kami kaya naman magkasunod din kaming naglakad pabalik sa mga kwarto namin.

Kaunti hakbang nalang malapit na kami sa kwarto nya pero bigla syang huminto. Taka akong napatingin sa kanya pero hindi nya ko hinarap.

**"Stop it."** Sabi nya na lalung nagpa-taka sakin. **"...Wag ka ng umasa kagaya nila. Hindi na tayo magkaka-ayos."**

Hindi na nya hinintay ang magiging sagot ko. Mabilis syang naglakad at pumasok sa kwarto nya. Nanatali ako dun habang nakatingin sa kung saan.

*Wag na kong umasa?*

Napailing ako bago naglakad pabalik sa kwarto ko. Mabilis akong naligo at nag-ayos. Kita pa rin yung mga galos na nakuha ko galing sa aksidente kahapon. Kumikirot ang bawat muscle ko pero nakasanayan ko na.

*Benefits ng laging napapa-away!*

Naglalakad na ko papuntang sala ng marinig ko ang galit na boses ni Kuya at nagrereklamong Aries.

**"Ayoko!"** Inis na sabi ni Aries.

**"Sundin mo utos ko, kung ayaw mong bawiin ko sayo ang kotse mo!"** Sagot ni Kuya Angelo.

Lumipat ang tingin sakin ni Kuya ng makita nya ko.

**"Sumabay ka kay Aries."** Utos ni Kuya sakin.

**"Ha?"**

**"Sumabay ka sa kanya. Sabay na ulit kayong papasok at kung pwede pati pag-uwi."**

Kita ko ang pag-gulo ni Aries sa buhok nya. Wala syang magawa kaya naman mabilis syang naglakad palabas diretso sa garahe.

**"Bakit? Para saan?"** Tanung ko kay Kuya ng masigurong nakalabas na si Aries.

**"Baka maulit yung nangyari sayo kahapon. Mabuti ng safe ka."** Sagot nya at naglakad na paalis.

*Safe! Ulowl... Sinong niloko nyo?*

Gumagawa lang sila ng paraan para maging malapit kami at magkasundo. Nagsasayang lang sila ng effort. Naglakad ako palabas, balak ko sanang takasan nalang ang inuutos ni Kuya.

Ang bigat na nga ng loob ko dahil sa problema ko sa mga Section E. Tapos nadagdagan pa ng malaman ko yung totoo. Kung anu man yung balak nila, dapat itigil na nila. Lalu lang akong nahihirapan.

Napahinto ako sa gate ng bahay ng makita ko ang kotse ni Aries na nakahinto. Bumaba ang bintana sa pinto ng driver's seat at bumungad ang sibangot na muka nya.

**"Sakay."** Utos nya.

**"Wag na... May dadaanan pa ko."** Walang buhay kong sagot at nagsimulang maglakad.

Hindi pa ko nakakalayo nadinig ko na ang malakas na busina ng kotse nya. Pagtingin ko, nasa likod ko na ang kotse nya. Mahigpit ang kapit nya sa manibela at halatang iritang-irita.

**"Sakay!"** Inis na sigaw nya.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Lumapit ako sa pinti ng back seat at binuksan ko. Sumakay ako agad at sinara ang pinto.

Alam ko namang ayaw nya kong makasama dito sa loob ng kotse nya kaya pinili kong maupo sa back seat. Ramdam na ramdam ko ang iritasyon nya sakin pero pinili kong tumingin sa daan.

Pinaandar nya ang kotse at tanging paghinga lang naming dalawa ang ingay na maririnig.

*Nakakainis!*

Wala syang ginagawa pero nasasaktan ako. O baka kaya ako nasasaktan kasi wala syang ginagawa. Nasanay akong sinisigawan nya ko sa galit at inis pero ngayong tahimik sya....*Kingina!* Pakiramdam ko napaka-wala kong kwenta.

Huminto ang kotse ni Aries, isang kanto bago makarating sa school. Hindi sya nagsalita pero alam ko na ang ibig sabihin non. Kusa akong lumabas ng kotse nya at hinayaan syang mauna sa school.

Tanging usok nalang ng kotse ang naiwan sa harap ko pag-alis nya. Buti pa ang usok! Haaayyy...

Naglakad na ko papasok ng school. Gate pa lang tanaw ko na ang mga istudyanteng pinag-titinginan ako.

"*Pinahiya talaga sya!*"

"*Hindi man lang sya pinagtanggol.*"

"*Kawawa naman.*"

Bulungan ng mga istudyante. Nakakuha na agad ako ng clue kung bakit nila ko pinag-titinginan. Parang apoy na mabilis kumalat ang tsismis kaya hindi na ko magtataka.

Sa mga nangyari sakin kahapon, wala na ko sa mood intindihin sila. Masyado ng mabigat ang mga nangyari sakin. Dagdag isipin lang kung papakinggan ko pa ang bawat komento nila na hindi naman makakatulong para sakin.

Sa totoo lang, natatakot akong pumasok. Natatakot ako dahil sa galit ni Keifer. Natatakot ako dahil hindi ko alam kung pano ko haharapin ang bawat isa sa kanila. *Natatakot ako....*

Pagdating sa building namin, nakiramdam muna ko. Tahimik sila at mukang walang nangyayaring gulo....pero yun lang pala ang akala ko.

**"Sabihin mo na kasi ang totoo!"** Sigaw ni David.

Nasa tabi na ko ng pinto ng marinig ko yun. Napahinto ako at sandali pang pinakinggan ang pinag-uusapan nila.

**"Wag mo ngang utusan si Keifer!"** Sagot ni Rory. **"...Sasabihin din naman nya eh. Tamang oras lang ang kailangan."**

**"Naaawa na ko kay Jay-jay."** Sabi ni Ci-N na naging dahilan ng pagbilis ng tibok ng puso ko.

*Naaawa?! Totoo?!*

**"Sinabi na kasing tigilan na yang plano na yan!"** Galit na sigaw ni Eman.

**"Kuwari kapa! Isa ka nga sa nanguna sa lintik na plano na yan!"** Sagot ni Denzel.

*Plano?!*

Naghahalo-halo ang mga sinasabi nila sa isip ko. Naguguluhan ako! Hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nila. Tungkol sakin, sa isan plano at gusto na nilang malaman ko ang totoo dahil na-aawa na sila sakin.

**"Sabihin mo nalang ng maayos tapos humingi tayo ng tawad."** Sabi ni Blaster.

**"Parang ganun lang kadali ano?"** Sarcastic na sabi ni Drew.

**"Hindi tayo patatawarin ni Jay-jay."** Sabi ni Yuri.

**"Susuyuin natin sya."** Sabi ni Rory.

**"Hindi ganun kadali yun."** Sagot ni Edrix.

Lalu akong nalilito sa mga sinasabi nila. Gusto kong malaman ang totoo, ayoko na ng ganito. Lagi nalang bang may ililihim ang mga tao sa paligid ko?

Suntok sa buwan ang paghakbang ko papasok sa room. Lahat sila nakatingin sakin na may gulat. Pinilit kong itinago ang emosyong nararamdaman ko. Bumagsak ang mga tingin ko kay Keifer na walang reaksyon.

**"J-jay-jay...."** Pabulong na tawag nila sakin.

Kumpleto silang lahat. Pati si Kit na mamaga ang muka ay nandito din.

**"A-anung totoo? Anung plano?"** Nanghihina kong tanung.

Gusto kong malaman ang totoo pero parang ayaw ko din. Andun yung takot, yung takot na masaktan na naman ako sa malalaman ko. Kakaiba yung kutob ko.

Tumingin silang lahat kay Keifer. Wala syang emosyon, naka-cross arm habang nakasandal ng tuwid sa upuan nya.

**"Anu yung plano? Anu yung totoo?"** Pag-uulit ko sa tanung habang hindi inaalis ang tingin sa kanya.

*Magsalita kana!*

**"Keifer... Magsalita ka na."** Paki-usap ni Yuri.

"*Keifer! Sabihin mo na!*"

"*Magsalita kana!*"

**"Anung plano yon? Anung totoo?"** Pag-uulit ko at sa pagkakataon na to basag ang tinig ko.

*Tangina! Sabihin mo na!*

Nanatili syang walang reaksyon at nakatingin sakin. Para syang walang pakialam sa nangyayari sa paligid nya. Para syang walang pakialam sakin.

Nagsisimulang mamuo ang luha sa mga mata ko. Malalim ang bawat paghinga ko dahil sa pagbabara sa lalamunan ko. Para akong sinasakal.

**"Keifer! ANU YANG PLANO NA YAN?!"** Sigaw ko kasabay ng pagbagsak ng luha ko.

Hindi ko na napigilan ang emosyon ko. Nahihirapan ako sa ginagawa nyang pagtitig lang sakin at hindi kumikibo. Halatang nabigla din ang iba sa naging reaksyon ko pero pinili nilang umiwas ng tingin.

**"You sure you want to hear it?"** Seryosong tanung ni Keifer.

Pinilit kong pigilan ang luha ko at nag-nod sa kanya. Mapait ang naging pag-ngiti nya kasabay ng pag-iling. Unti-unting bumuka ang bibig nya pero wala akong narinig na boses o kahit anung ingay mula sa iba. Para akong biglang nabingi at may ilang sigundo bago tuluyang nag-sink in sakin ang sinabi nya.

**"I used you."**

Nanatili akong nakatanga, naghihintay ng susunod nyang sasabihin. Muling bumagsak ang grupo ng luha galing sa mga mata ko.

**"...and the whole Section E knows it."**

Yung pakiramdam ng binugbog ang puso ko ng walang kalaban-laban. Tanging pag-iyak at pagtitig sa kung saan lang ang nagawa ko.

*G-ginamit?*

Tumayo si Keifer at dahang-dahang naglakad palapit sakin. **"Ginamit kita para makaganti sa pinsan----oh wait! Sa kapatid mo pala."**

Nanginig ako sa sinabi nya. Alam din nya ang tungkol don? Alam din nilang lahat? Pano? Pano nangyari yun?! At bakit ako nalang yata ang huling naka-alam.

Napailing ako habang nakatitig pa rin sa kanya. Hindi nagbago ang expression ng muka nya.

**"H-hindi ko m-maintindihan."** Nanginginig ang labi ko.

Huminto si Keifer ilang dipa malapit sakin. Nagtama ang mga mata namin at dun ko lang napansin ang tila malamig at madilim nyang mata. Kung panu nya ko tignan ngayon ay kapareho nung unang beses kaming nagkita.

**"Then i'll explain it to you."** Mahinahon nyang sabi. **"...The moment Aries show up in front me, acting that he cares for you the plan started----to be exact? That was the time that we make fun of you at the gymnasium."**

Yun yung pinatamaan nila ko ng bola. Dumugo ang ilong ko at bago pa magdilim ang paningin ko, dumating si Aries para pigilan ako at ayaing umuwi.

**"...We make sure we have your information----thanks to Rory here."** Tumingin ako kay Rory pero agad syang yumuko para umiwas. **"...We found out that you and Aries are siblings."**

*Tang'na! Alam nila!*

Bigla syang nag-smirk at biglang nag-iba ang awra nya. Hindi ko masabi kung galit sya o para bang may balak gawin.

**"...but the plan has no use. That asshole don't care about you and my revenge is useless."** Sabi nya at bahagyang tumawa.

Parang ibang Keifer ang kaharap ko ngayon. Ang dilim ng mga mata at parang puno ng galit.

**"K-keifer... T-tama na."** Awat ni Yuri.

Nanigas ang binti at paa ko sa pagkakatayo. Gusto kong isipin na '*Joke*' lang ang mga sinasabi nya. Pero hindi, hindi sya nagbibiro at hindi sya mahilig magbiro.

Patuloy sa pagbagsak ang mga luha ko kaya naman basa na ang pisngi ko. Kahit punasan yun hindi ko na magawa. Parang may nakadagan na mabigat na bagay sa dibdib ko.

**"G-ginamit mo l-lang ako? K-kasama ba d-dun ang pa-ibigin ako?"** Halos ayaw lumabas ng boses ko dahil sa nangyayari.

Ayokong itanung ang bagay na yon, natatakot ako sa isasagot nya pero gusto ko pa ring malaman ang totoo. Sana mali ang naglalaro sa isip ko.

Bigla nalang syang tumawa na para bang may nakakatawa akong sinabi. Naglakad sya pabalik sa table nya.

*Baka nga joke lang ang lahat ng to. Pinagt-tripan siguro nila ko. Baka gumaganti lang sya sakin.*

Siguro pagkatapos nyang tumawa sasabihin nya na yung hinihintay kong linya----'*Joke lang, nakakatuwa ka kasi inisin.*' At sasabihin nyang hindi nya kayang gawin yon kasi mahal nya ko.

Sana tama lahat ng iniisip ko kayalang alam kong hindi. Tuluyang nabasag ang puso ko ng magsalita sya pagkatapos tumawa. At ang mga salitang binitawan ang nagpabago ng lahat sakin.

**"Of course it's part of my plan."**

*Jusko!*

Natakpan ko na ang bibig ko sa pag-iyak ng malakas. Wala na kong paki-alam sa itsura ko. Napaatras din ako dahil sa panlalambot ng tuhod at napahawak sa isa sa mga table.

TANGINA! HINDI TO JOKE! PINANIWALA NYA KONG GUSTO DIN NYA KO! HINAYAAN NYANG MAHULOG AKO SA KANYA! GINAMIT LANG NYA KO! ARGH!

*ANG BOBO MO JAY! ANG TANGA-TANGA MO AT NAPANIWALA KA NYA!*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri at akmang lalapit sakin pero tinignan ko sya ng masama.

**"Alam mo?"** Nagpipigil na tanung ko. **"...Kasama ka sa nagplano?"**

Tumigil si Yuri sa paglapit sakin. Parang umurong ang dila nya at hindi nakapag-salita. Hindi man lang nya maitanggi kahit sa simpleng pag-iling. Lalu akong napaiyak dahil sa naging reaksyon nya.

*LAHAT SILA!*

Lumipat ang tingin ko kay Ci-N. Umiiyak na rin sya habang nakatingin sakin at parang nagmakaka-awa.

**"Kasabwat ka din?"** Nakakapanglambot kong tanung.

Humagugol sya habang pilit pinupunasan ang mga luha. **"I-i'm sorry, Jay."**

Kaya pala humihingi sya ng tawad sakin dati, dahil dito. Umpisa pa lang may ginagawa na silang katarantaduhan sakin. Hindi ako makapaniwala, ang laki ng tiwalang binigay ko sa kanila.

Tinignan ko din yung iba pero pare-pareho silang umiwas ng tingin. Si David lang tumitig sakin ng matagal. Pero kahit sa kanya may galit ako.

*May ginawa ba kong mali?! Bakit kailangan kong mapag-laruan ng ganito?!*

Binalik ko ang tingin kay Keifer na walang kahit na anong expression. Wala man lang akong makitang bahid ng awa o pagsisisi sa ginawa nya.

**"B-bakit Keifer? B-bakit?"**

Hindi sya sumagot. Hindi ko na kaya pang magtagal sa harap nya, sa harap nilang lahat. Anung saysay ng pag-iyak ko sa harapan nila? Kahit nanginginig ang tuhod ko pinilit kong lumakad paalis.

"*Jay! Sandali!*"

"*Jay-jay.*"

"*Teka lang! Jay!*"

Nakalabas na ko ng pinto ng maramdaman kong may humawak sa braso ko. Agad kong tinabig yun at tinignan sya ng masama.

**"Anu pa bang kailangan mo?!"** Galit na tanung ko kay Yuri.

**"I-i'm sorry..."** Huminga sya ng malalim. **"...Please. Let me exp----."**

**"Wag mo ng subukan pa!"** Pinunasan ko ang pisngi ko. **"...Mag-bestfriend talaga kayo! Ang galing nyong magmanipula!"**

**"Jay... Maniwala ka, nagsisisi na kami----."**

**"Kaya inamin nyo na?! Kasi kinakain na kayo ng konsensya nyo!"**

Napatingin ako sa likod nya ng mapansin kong kasunod nya si Ci-N. Umiiyak pa rin sya. Gustuhin ko mang maawa sa itsura nya, hindi ko kaya.

**"Isa ka pa..."** Napailing ako. **"...tinuring kitang kapatid tapos ganito."**

**"Jay... I'm sorry."** Sabi nya.

Nakita ko din yung iba na nakatingin samin. Tinignan ko sila ng masama hangang sa huminto ako kay Yuri.

**"Tama na..."** Halos pabulong kong sabi at agad na tumakbo paalis.

Tiniis ko ang sakit at kirot ng muscle ko sa binti at hita ko. Pero parang wala ng mas sasakit pa sa nararamdaman ko. Hindi sapat yung salitang Durog para masabi kung gano kasakit.

Naririnig ko sila Yuri na nagtatalo sa likod. Mukang pilit nila kong sinusundan pero pinipigilan ng iba. Mas binilisan ko ang takbo, malapit na ko sa gate ng school ng makita ko si Aries na nakatingin sakin.

*Gusto nilang makaganti sa kanya...*

Kaya ko nararanasan lahat ng to, dahil sa kanya. Dahil gusto nila syang gantihan. Ginamit nila ko para makaganti sa kanya. KUNDI DAHIL SA KANYA, HINDI KO MARARANASAN TO!

Sabay-sabay ang sakit na nararamdaman ko. Nanlalabo na ang paningin ko dahil sa luha. Hindi ko alam kung nakalabas na ko ng gate pero isang malakas na busina ang napatigil sakin kasabay ng palapit kotse.

**BEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEP**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 191

**A/N:** NO EDIT! Ginagawa ko na yung Dark side ni Jay-jay pero parang nag-mumukang comedy... Hahahahaha. Hindi na yata mawawala yun.

Guys! Sama nagpapa-dedicate. Pa-antay lang po. Thank you.

**Brother**

***Jay-jay's POV***

*Katapusan ko na!*----Ang unang pumasok sa isip ko. Amoy sunog na gulong at medyo mausok. Sobrang nagulat ako sa pagsulpot ng kotse muntik na kong hindi makagalaw.

Nakaupo ako sa daan halos katabi lang ng harap ng kotse. Hindi ako makagalaw sa pagkabigla, pakiramdam ko nayanig ang sistema ko dahil sa nangyari. Ganito rin ang pakiramdam ko nung tutukan ako ng baril sa ulo. Iba nga lang ang sitwasyon ko ngayon.

**"Shit!"** Dinig kong sigaw ng kung sino. **"...Are you okay?!"**

Napatingala ako sa nagsalita. Nasa harap ko na sya ngayon at nag-aalalang nakatingin sakin. Ayaw pa ring kumilos ng katawan ko pero kahit ganun, nakilala ko pa rin ang kaharap ko.

**"P-percy?"**

Bahagya syang naupo para maka-pantay ako. Tinignan nya ang kabuuan ko. Hindi ko alam kung saan ako mas mabibigla, sa mga nalaman ko kanina, sa nangyaring muntik na kong masagasaan o kay Percy na kaharap ko na ngayon.

*Bumalik na sya...*

Totoo yung sinabi nya. Babalik ba nga sya, haharapin na nya ko at sasagutin ang mga tanung ko. Bigla nalang akong nakaramdam ng naka-bara sa lalamunan ko. Nag-umpisa na naman akong maiyak.

**"B-bakit? May masakit ba? Dadalin kita sa ospital!"** Natataranta nyang sabi.

Hinawakan ko sya sa magkabilang braso. Kahit patuloy sa pagbagsak ang luha ko, pinilit kong makapag-salita ng maayos.

**"I-ilayo mo k-ko d-dito!"** Nag-mamaka-awa kong sabi.

Hindi ko na kaya pang magtagal sa lugar na to. Alam kong nakasunod sila sakin kanina at anu mang oras makikita na nila ko.

**"S-sige."** Sagot ni Percy at inalalayan akong makatayo.

Tinulungan din nya kong makasakay ng kotse nya. Patuloy pa rin ako sa pag-iyak, sobrang hapdi na ng mata ko gusto ko ng tumigil.

Sumakay sya at agad na pina-andar ang kotse. Panay ang tingin nya sakin at ibabalik sa daan ang paningin.

**"May masakit ba sayo? Sa ospital tayo."** Sabi nya.

Umiling ako habang pilit pinupunasan ang pisngi ko. **"A-ayoko."**

**"Ha? Baka----."**

**"BASTA DALIN MO KO SA TAHIMIK NA LUGAR!"** Sigaw ko na ikinabigla nya.

**"O-oo... E-eto na..."**

Mas bumilis pa ang takbo ng kotse. Kung saan kami papunta hindi ko alam. Gusto kong lumayo, malayong malayo. Malayo kila Mama, malayo kay Aries, malayo sa mga Gagong Ulupong at malayo sa Hari nila.

*I used you...*

Sampal sakin ang mga salitang yun. Yung matatamis na salitang binitiwan nya sakin. Yung mga araw na magkasama kami at magka-hawak ng kamay. Kung panu nya sabihin sakin na mahal nya ko.

*I love you until scientist find the end of the universe.*

SINUNGALING! Hindi totoo! Niloko nya ko! Niloko nila ko!

Ako naman si Tanga napaniwala nila. Ang bobo ko talaga. Bakit hindi ko man lang naisip yun? Sana nung sinabi pa lang ni Aries, naniwala na ko.

Kaya pala ganun nalang ang bintang nya. Kasi nga alam nyang gaganti sila. Alam nyang may kasalanan sya at babalikan sya ng Hayop na Keifer na yon.

Sya ang may kasalanan nito! Hindi sana mangyayari sakin to ngayon. Hindi sana ako paglalaruan ng mga Hayop na yon. Hindi sana ako....

*Mahuhulog sa kanya at sa patibong nya!*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Percy habang patuloy sa pagmamaneho. **"...may nangyari ba? Bakit ka ba umiiyak ng ganyan?"**

Hindi ako sumagot. Nanatili akong nakatingin sa labas. Ninanam-nam ko bawat pangyayari kanina. Yung mga reaksyon nila at lahat ng mga pinag-sasasabi nila.

*Pamilya?!*

Ako lang pala ang ganun ang tingin sa kanila. Ako lang pala ang nag-aakala na magkakaibigan kami. Ako lang pala ang nag-iisip na kabilang ako sa kanila. Ako lang pala, ako lang.

Dapat nagkaroon na ko ng doubt. Sino bang tatanggap sa kagaya ko? Sinong gustong maging kaibigan ko? Kahit noon pa, makikipag-kaibigan daw pero aalis din kapag wala ng mapakinabangan sakin.

*Walang gustong makasama ang kagaya ko!*

Sobrang pagod-pagod ang utak at katawan ko sa mga nangyari. Bugbog na bugbog na ang puso ko. Sumisikip ang dibdib ko tuwing magpapa-ulit-ulit sakin ang mga nangyari.

Pero wala na yatang mas sasakit pa sa mga sinabi ni Keifer sakin. Sana sinaktan nalang nya ko ng pisikal, mas matatanggap ko pa yon, kesa ganito. Kung kelan sigurado na ko na mahal ko na sya. Kung kailan unti-unti na kong dumidepende sa kanya. Kung kelan parang hindi ko na kayang mawala sya sakin.

*Kung kelan....Naisugal ko na ang lahat.*

Ayaw mawala sa isip ko ng mga mata nya habang sinasabi sakin yon.

*Of course it's part of my plan.*

Lalung sumikip ang dibdib ko sa mga salitang yon. Sinuntok ko ang dibdib ko ng ilang ulit sa pagbabaka-sakali na mabawasan ang kirot pero walang talab.

*Ang lakas maka-pvta nito!*

Napatingin ako sa labas ng mapansin kong hindi na kami umaandar. Nakahinto kami malapit sa tabi ng dagat. Tinignan ko si Percy pero wala na sya sa driver seats. Agad kong binuksan ang pinto at lumabas.

Malakas na hangin ang sumalubong sakin. Pinunasan kong pilit ang mga luha sa mata ko. Nagpapa-ikot-ikot pa rin ang sakit sa sistema ko pero nanaig sakin ang paghahanap kay Percy.

*Umalis na naman ba sya?!*

**"Tapos kana?"**

Napatingin ako sa likod ko. May dala syang bottled water habang palapit sakin. Seryoso ang itsura nya at hindi ko mabakas kung may galit o inis ba sya.

Lumunok ako at huminga ng malalim. **"S-sorry... H-hindi ko alam n-na huminto na tayo."**

Inabot nya sakin ang bote na kinuha ko naman. **"Oo nga... Halatang ayaw mong magpa-istorbo."**

Napayuko ako dahil sa sinabi nya. Hindi ko na namalayan ang nangyayari sa paligid ko dahil sa kakaisip sa kanila.

**"Oh."** Sabi nya habang inaabot ang isang panyo. **"...nagsabog ang ilong mo sa sipon. Kakadiri ka."**

*Ha?! Ilong sa sipon?*

Agad kong kinuha yung panyo at pinunasan ang ilong ko. Inulan ako ng kahihiyan bigla dahil don. Syempre umiiyak ako malamang sisipunin din. Hindi ko na naisip ang itsura ko mula kanina.

*Kakahiya! Kainis...*

Napatingin ako kay Percy ng mapansin kong naglalakad sya palapit sa dalampasigan. Tinignan ko ang paligid. May tindahan malapit sa pinag-parkingan namin. Wala ring katao-tao sa beach maliban sa mga batang naglalaro sa malayo.

*Tahimik at ang sarap pakinggan ng alon ng dagat.*

Tinanggal ko ang sapatos at medyas ko at iniwan yun sa tabi ng kotse. Sinundan ko agad si Percy na patuloy sa paglalakad.

**"Namayat ka..."** Sabi nya ng masabayan ko na sya sa paglalakad. **"...Kumakain kaba ng maayos?"**

**"O-oo..."** Alinlangan kong sagot.

Eto na yung hinihintay ko noon pa, ang maka-harap sya pero wala'ng gana ang katawan at isip ko para magtanung ng kung anu-anu. Mahalaga din sakin yung kaharap ko na ulit sya ngayon. Sana lang hindi na sya umalis.

Ininom ko yung tubig na binigay nya sakin. Mabilis kong naubos yon dala na rin ng pagka-uhaw, feeling ko na-dehydrate ako sa kakaiyak. Mahapdi din ang mata ko dahil don at lalung humahapdi kapag natatamaan ng hangin mula sa dagat.

**"Ayaw mo ba talagang magpadala sa ospital?"** Tanung nya at agad naman akong umiling. **"...May mga gasgas at pasa ka kasi."**

Tinignan ko ang hita at braso ko. **"K-kahapon pa to."**

Sandali syang tumigil at tinignan ako. **"Anung nangyari kahapon?"**

Sa totoo lang, wala akong gana magkwento sa kanya kaya umiling lang ulit ako. Bigo syang bumalik sa paglalakad. Nakasunod lang ako habang pinag-mamasdan ang pinong buhangin sa paanan namin.

Nakakainis ang ganitong pakiramdam. Ang dami kong tanong nung wala sya pero wala man lang akong masabi ngayon. Marami akong gustong malaman pero kung ganitong nahihirapan ako, isa lang muna siguro ang itatanung ko.

**"K-kamusta si P-papa?"** Halos pabulong kong tanung.

Huminto sya sa paglalakad at tumingin sa ibang direksyon.

**"Nasa New York pa sila..."**

**"Kelan sya babalik?"**

Huminga sya ng malalim. **"Hindi ko pa alam."**

Bakit parang iwas sya na pag-usapan yon? Kaharap ko lang sya pero parang lumalayo sya. Hindi ko maintindihan! Ayaw din nyang humarap sakin na para bang may ayaw syang ipahalata.

Nag-umpisa na namang mamuo ang mga luha sa mata ko. Nagbabadyang bumagsak kahit anung oras. Bumalik sya sa paglalakad pero hindi na ko sumunod. Pinili kong maupo sa buhangin at pagmasdan ang dagat.

*Kung lunurin ko nalang kaya ang sarili ko? Para matapos na lahat ng to!*

Tangina kasi! Kailangan talaga sunod-sunod? Hindi ba pwedeng sunod na buwan naman yung isa? Agad-agad ba dapat? Masarap ba kong paiyakin kaya dapat sunod-sunod? At bakit kailangang makidagdag ng Percy'ng ugok na to?

Karma ko na yata to. Kasi nga naging pasaway ako non. Hindi ako naging mabuting Apo kay Lola. Sakit ako sa ulo ng school at Guidance ang naging tambayan ko. Kinamumuhian ako ng mga kaklase ko kasi nga masama daw ang ugali ko.

Binabalikan na ko ng mga yun ngayon. Kung kelan sinusubukan kong baguhin ang sarili ko. Kung kelan nagpapaka-tino na ko----kahit konte. Ngayon ako sinisingil.

**"Nahihirapan ako ng ganito."** Sabi ni Percy na nasa tabi ko na pala. **"...Mind telling me what happen?"**

*What happen?!*

Sa halip na mga salita ang isagot ko sa kanya, luha ang unang lumabas sakin. *Tangina!* Nagfa-flashback lahat ng nangyari sakin.

Simula nung gabing nagalit si Keifer dahil sa ginawa ni David. Pati yung araw na tinaboy nya ko sa harap ni Aries. *Kingina!* Isa pa yang nalaman ko na magkapatid pala kami. At ngayon....Yung niloko lang pala nila kong lahat.

**"Please... Say anything."** Paki-usap ni Percy.

Tinignan ko sya at halos madurog ang labi ko sa pagkagat para lang pigilin ang pag-iyak ko.

**"S-si Keifer..."** Huminga ako ng malalim. **"...niloko n-nya ko. G-ginamit lang nya k-ko."** Parang bata kong sumbong.

Bigla nalang nya kong niyakap dahilan para masubsob ang ulo ko sa dibdib nya. Sa halip na itulak sya palayo, hinayaan ko nalang. Naging dahilan pa yon ng mas malakas kong pag-iyak.

Ang lakas kasi talaga maka-gago ng nangyayari sakin. Hindi man lang ako nakapalag, hindi man lang ako hinayaang lumaban o dipensahan ang sarili ko.

*Napaka-hina ko! Mahina ako!*

**"Pakiramdam ko, l-lahat ng taong malapit s-sakin niloloko lang ako."** Sabi ko.

**"Ssshhh... Wag kang mag-isip ng ganyan."**

Pano ko hindi mag-iisip ng ganyan? Sunod-sunod na katotohanan ang nalaman ko. Baka naman meron pa? Lumabas na sana ng mas maaga.

**"Si A-aries, sya pala ang kapatid ko."** Napaiyak na naman ako ng malakas.

Sya ang kapatid ko pero sya din ang dahilan ng lahat ng to. KASALANAN NYA!

Sandali akong natigilan ng meron akong maalala. Umalis ako mula sa pagkakayakap ni Percy at tinignan sya. Alam nyang kapatid ko si Aries at alam din nya ang plano ni Keifer. Hindi kaya....

Nagkuyom ang kamao ko at malakas na suntok ang binigay ko sa kanya. Agad akong tumayo at bahagyang lumayo sa kanya. Kita ko kung panu nya indahin ang suntok ko. Napapikit pa sya habang napapa-iling.

**"Alam mo..."** Sabi ko habang naka-turo sa kanya. **"...Alam mong kapatid ko si Aries at alam mo din ang plano ni Keifer."**

Tumayo sya kahit halata ang pagkahilo. Mukang sa panga tumama ang suntok ko dahil yun ang hawak nya.

**"...Sabihin mo! Kasabwat ka din ba sa kalokohan ni Keifer?!"** Galit na tanung ko.

**"Damn it!"** Biglang sigaw nya. **"...ang sakit mo manuntok! Babae ka ba?"**

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. Hindi ko alam kung nanadya ba sya at ayaw nyang sagutin agad ang tanung ko.

**"Sagutin mo ko!"** Utos ko.

Huminga sya ng malalim. **"Alam kong kapatid mo si Aries dahil sa Papa mo. Yung plano ni Keifer nalaman ko naman dahil kay David."** Paliwanag nya. **"...Maniwala ka, pinilit kong maka-uwi agad para iligtas ka kay Keifer. Kung hindi lang ako nagka-problema, baka noon pa ko nagpakita sa lahat."**

*Shit!*

Nasuklay ko ang buhok ko gamit ang daliri ko. Nababaliw na ko, nahihirapan na kong magtiwala sa mga tao sa paligid ko.

*Kasi baka nililoloko lang nila ko. Baka may balak din sya!*

**"S-sorry... Sorry..."** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko. Inunahan na ko ng paghagulgol ng malakas. **"...B-baka kasi... Baka----."**

**"Baka saktan kita? Baka lokohin? Baka paiyakin kagaya nila?"** Dugtong nya sa sasabihin ko.

Tama lahat ng sinabi nya. Hindi mawala yung takot sakin. Nahihirapan na kasi akong magtiwala dahil inuunahan na ko ng hinala.

**"S-sorry..."**

**"Jay-jay..."** Naramdaman ko ang kamay nya na pumatong sa ulo ko. **"...Hayaan mong saktan ka nila. Hayaan mong pa-iyakin ka nila. Hayaan mong lokohin ka nila..."** Naramdaman ko ang isang kamay nya sa likod ko at dun ko lang napansin na nakayakap na sya sakin. **"...Dahil pagkatapos non, pupuntahan kita at dadamayan. Samahan kita at ipaparamdam ko sayong hindi ka nag-iisa."**

Ang sarap panghawakan ng mga sinabi nya. Gusto kong maniwala pero natatakot ako. Ayoko ng sumugal ng tiwala.

**"P-percy..."**

**"Kung natatakot ka, ayos lang."**

*Sobrang natatakot...*

Kung alam mo lang kung gano ko gustong paniwalaan ang mga sinasabi mo. Pero kung yun ang makakatulong sakin para mawala ang bigat sa dibdib ko handa akong bigyan ka ng pagkakataon.

**"...I'm willing to prove you i'm trustworthy."**

Sa pagkakataon na to, kusang tumigil ang pagluha ko kahit wala akong gawin. Parang gamot sa sugat ang mga salitang binitawan nya. Binitiwan nya ko at tinignan, nagtama ang mga mata namin at ngumiti sya.

**"S-sino ka b-ba sa buhay ko?"**

Lumawak ang ngiti nya at bahagyang tumawa. **"I'm glad you ask that... Ako lang naman ang iyong..."** Tinapat nya ang kamay sa muka ko tsaka bahagyang ginalaw yon na parang nagsabog ng competti. **"...konsensya."** Mala-impakto nyang bulong.

*Ay Gago!*

Ang sarap iuntog ng ulo ko ngayon sa batuhan. Ang seryoso ng usapan at halos maubos ang lakas ko sa pag-iyak pero eto sya at nakangiti ng parang hinayupak na may ginawang kalokohan.

Dapat na ba kong umiyak ulit? Kasi pakiramdam ko bukod sa manloloko at sinungaling ang mga taong malapit sakin, hindi na ko magkakaroon ng matinong kausap. Lahat yata mga takas sa mental.

*Tambling na Jay. . .*

**"Dapat na ba kong malungkot dahil may panibagong baliw sa buhay ko?"** Inosenteng tanung ko.

Tumawa sya ng malakas habang napapailing. **"Joke lang... Gusto lang kitang pangitiin."**

Napailing ako sabay tingin sa ibang direksyon. **"Tsk! Gusto kong malaman kung sino ka. Wala akong oras sa mga biro mo."**

Biglang naging seryoso ang itsura nya. **"Alam ko namang gusto mong malaman kung sino talaga ako. Pero sa mga nangyari sayo ngayon mas mabuti kung sa susunod nalang."**

Nakaramdam ako ng inis. Eto na naman sya, iiwanan na naman nya kong naka-tanga sa ere. Buti sana kung may susundo saking eroplano pero wala.

**"Panu kung wala ng susunod? Panu kung umalis ka na naman?"** Halos manlambot ako habang tinatanung yon.

Umiling sya. **"Hindi na ko aalis..."**

Malalim ang paghinga ko. Pagod na pagod ang katawan ko kahit wala naman akong ginawa.

*Hindi na ko aalis...*

Panu kung hindi totoo? Panu kung sinasabi lang nya yan para magtiwala ako? Panu kung may balak na naman pala syang umalis? Panu kung....

**"Sabihin mo nalang, please..."** Yumuko ako at pumikit. **"...pagod na pagod na kasi ako."**

Naramdaman ko ang kamay nyang pumatong sa ulo ko. **"Kung mapilit ka... Sige."**

Ang kamay nyang nakapatong sa ulo ko ay agad na humawak sa kamay ko. Napadilat ako at bigla nalang nya kong hinatak. Pabalik kami sa kotse nya.

Meron syang pinindot sa susing hawak at binuksan nya ang pinto. Napatingin ako sa kanya ng hindi sya gumalaw. Hinihintay nya kong pumasok sa loob.

Kinuha ko ang sapatos na iniwan ko kanina at sumakay. Sinara nya ang pinto at pumunta sa kabila para sumakay at pumwesto sa driver's seat.

Pagsara ng pinto, binuhay nya muna ang makena para buksan ang aircon. Maginhawa sa pakiramdam pero ang hapdi sa mata.

*Argh! Kingina! Mabubulag na ata ako.*

**"I hope you're ready for this..."** Dinig kong bulong nya.

Meron syang kinuhang bag na itim mula sa back seat. Isang brown envelop ang hinugot nya mula dito.

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Wala namang dapat abangan pero ka-abang-abang talaga yung ginagawa nya. Para akong naghihintay ng showing sa sinehan.

*Despicable Me 3!*

**"Oh..."** Sabi nya habang inaabot sakin ang isang litrato.

Si Papa ang nasa picture kasama ni Mama at isang Baby. Yung damit na suot nya ay kamuka ng damit na suot din nya na nasa picture namin sa harap ng isang simbahan.

**"K-kami ba to?"** Halos pabulong kong tanong.

**"Oo, at yang Baby na mukang pinipi ang muka... Ikaw yan."** Sagot nya.

Isa pang picture ang inabot nya sakin. Isang babae na maganda at makinis kasama ng lalaking foreigner na blue ang mata----Papa nya! Sya yung nakita ko sa bahay nila Felix dati. Meron din silang kasamang Baby.

**"Kami yan... Family picture namin. And that freak'n handsome Baby is me."** Paliwanag nya.

*Bakit ganun?!*

Bakit ako mukang *Pinipi* nung Baby tapos sya freaking handsome? Hindi yata patas yon. Bago pa ko makapag-protesta isa pang picture ang inabot nya sakin.

**"And this is... Their family."** Malungkot ang tinig nya nung sinabi nya yon.

Si Papa kasama ng Mama ni Percy sa picture. Naka-bihis sila ng formal na para bang umattend sa isang pang-mayamang party. Hindi sila naka-ngiti kagaya sa mga family picture namin. Ang hindi ko lang maintindihan yung '*their family'*.

Tinignan ko si Percy para hintayin ang sunod nyang sasabihin. Malungkot ang mga mata nyang nakatingin sa mga picture sa kamay ko.

**"Pareho tayo..."** Panimula nya. **"...Pareho tayong anak sa labas."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 192

**A/N:** NO EDIT! Sorry sa matagal na update but no worries the long wait is over.

Sorry sa wrong grammar, spelling and miss words. Kahit maganda ako, may katamaran pa rin ako----charot! Hahahaha 😂😂😂😂... Busy na ang mga alaga ko sa group dahil may pasok na pero sana join pa rin kayo.

**Stepbrother**

***Jay-jay's POV***

**"Pareho tayong anak sa labas."**

*A-anak ako sa labas?*

Hindi ko alam ang bagay na yon. Walang sinasabi sakin sila Lola. Kahit sino sa kanila wala at wala silang balak sabihin sakin.

Humigpit ang hawak ko sa mga picture dahilan para bahagyang malukot yon. Hindi ko maintindihan kung panu ako naging anak sa labas?

**"I-ipaliwanag mo."** Utos ko.

Isa na namang picture ang nilabas nya mula sa brown envelop at inabot nya sakin. Picture naman yun ng isang matandang Lalaki na naka-upo sa wheel chair.

**"Yan ang Lolo mo."** Sabi nya.

*Lolo ko?*

Isa na namang picture ang inabot nya. Binitiwan ko ang mga naunang picture na binigay nya. Napalunok ako kasabay ng panginginig ng makita kung sino ang nasa picture. Si Papa at ang Mama ni Percy at nakasuot sila ng pang-kasal.

**"A-anu to?"** tanong ko na may halong takot.

Binawi nya ang picture sakin at pinag-masdan yun. Malungkot ang kanyang mga mata habang tinitignan yon.

**"Your Dad and my Mom are victims of arranged marriage."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti. **"...And your grandfather is the one who set it up."**

Nanatali akong nakatingin sa kanya at walang kibo kahit bawat salita nya ay niyayanig ang katawan ko. Sampal sakin ang katotohanang sinasabi nya.

**"Kasal na sila bago pa tayo isilang sa mundo."** Dagdag nya na tuluyang nagpabagsak sa mga luha ko.

*Shit lang!*

**"H-hindi ko m-maintindihan. P-pano?"** Hindi makapaniwalang tanong ko.

Kaya ba kami naging anak sa labas? Pero kung kasal na sila panung nangyari na nagkaroon pa sila ng pamilya sa iba?

*Ang gulo!*

Napasama pa yata yung pagsasabi ko kanina na ilabas na lahat ng pwede kong malaman. Sinusulit talaga yung pagpapaiyak sakin.

**"Hindi ko alam kung panu pero pinili nilang pareho na bumuo ng pamilya habang malayo sa isa't isa."** Huminga sya ng malalim. **"...Tayo ang bunga non."**

Malinaw ang bawat salita na sinasabi nya. *Tagalog eh!* Pero bakit parang gulong-gulo pa rin ako. Ayaw mag-sink in sakin ng mga sinasabi nya.

Sobrang dami kong tanong pero parang hindi ko din maintindihan ang sagot. Nakaka-Gago!

Napatingin ako sa hita ko kung saan nakapatong yung ibang litratong binitiwan ko. Kinuha ko yung family picture namin. Nakangiti si Mama at Papa sa picture na to at alam kong masaya sila dahil kitang kita ang excitement sa mga mata nila.

**"P-pero bakit g-ganun? B-bakit kami i-iniwan ni Papa tapos h-hindi na nagpakita?"** Halos hindi ako makahinga.

Hindi ako makahinga ng maayos na para bang may sumasakal sakin. May kung anung nakabara sa lalamunan ko at nagbabadya na naman ang mga luha ko.

*Hindi ba kayo nagsasawa sa pagbagsak?!*

**"Kagaya samin."** Malungkot na sabi nya. **"...iniwan kami ni Mama at hindi na nagpakita. Nag-asawa si Papa ng iba at yun ang Mama ni Felix."**

**"Pero bakit nga?"**

Kinuha nya ang isang picture sa hita ko. Hinarap nya sakin ang picture ng Lolo ko.

**"Because of him... Nalaman nya ang totoo at nagbanta sya na ipapa-patay tayo pareho kung hindi sila titigil."**

Tinitigan kong mabuti ang muka nung matanda sa picture. Muka na syang mahina pero kita pa rin sa kanya ang supistikado at pagiging ma-otoridad. Nagsusumigaw ng '*kahit matanda ako, mayaman ako!*'.

*Tatlong M! Matandang, Mayamang, Masungit!*

Binalik ko ang tingin sa kanya ng ibaba nya ang picture. Malungkot ang mga mata nya at alam kong nasaktan din sya sa ginawa ng Lolo ko. Dalawa kaming resulta ng binuong pamilya ng mga magulang namin pero hindi pala pwede ang pamilyang yon.

**"Pero... Panu ka napunta kila Papa?"** Tanong ko.

Sabi nya iniwan din sya ng Mama nya at hindi nagpakita pa pero bakit magkakasama sila?

*May dayaang nangyayari!*

**"When that accident happen----that they thought I died. Merong naka-kita saking palutang-lutang sa ilog. Dinala nila ko sa ospital, ilang araw akong tulog kaya walang nakakuha ng information tungkol sakin."** Bahagya syang tumingin sakin at ngumiti. **"...sakto namang pinapahanap ni Mama ang bangkay ko at sa ospital na yon may nakakita sakin."**

*Bangkay agad?! Hindi ba pumasok sa isip nila na buhay pa sya?*

**"P-pero bakit wala man lang naka-alam na buhay ka?"**

Kung alam mo lang ang mga nangyari nung nawala ka. Nagka-sira-sira sila ang mga kaibigan nya. Halos lahat galit kay Aries dahil sya ang sinisisi ng mga tao.

Napahawak sya sa manibela at unti-unting humigpit yon. **"Si Mama... She let them think that i'm already dead."** Ngumiti sya ng mapait. **"...lakas pa ng loob kong magtampo kung bakit walang dumadalaw sakin. Kasi pala patay na ko para sa kanila."**

Napailing ako. **"4 years kang hindi nagpakita... Bakit wala ka man lang ginawa?"** Nagsisimulang tumaas ang boses ko.

Hindi ako ang naiwan nung nawala sya. Hindi rin naman ako naapektuhan dahil hindi ko naman sya kilala noong panahon na yon pero hindi ko maiwasan na hindi sya kwestyunin.

**"Almost 4 years..."** Pagtatama nya sa sinabi ko. **"...I'm paralyzed. I can't move my body and your Dad is the one who took care of me. Kaya nakilala kita----he keeps telling things about you and it makes me... Fall in love with you."**

*Tongono!*

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. *Fall inlove with me?!* Ang bigat ng salitang binibitawan nya. Pakshit lang! Pakiramdam ko malaking problema to.

**"As a sibling... Brotherly thing. Parang kay Felix nung unang beses ko syang makita."** Bahagya syang tumawa. **"...Kala mo naman! Maka-react ka dyan."**

Yung ang sarap manuntok ng muka. Ang bigat bigat na nga ng nararamdaman ko tapos biglang magsasalita ng ganun. Hindi ko na tuloy alam ang dapat kong maging reaksyon sa kanya. Mababaliw ako dahil sa lalaking to!

*Ang hirap kausap! Putcha!*

**"So..."** Pagtutuloy nya. **"...yun ako sa buhay mo. Stepbrother."** Ngumiti sya sakin.

Napailing ako. Masaya akong malaman kung sino sya talaga pero nananaig sakin ang kalungkutan. Ang komplikado pala kasi ng buhay ko. Sa sobrang komplikado wala man lang naglakas ng loob na sabihin sakin ang totoo.

**"A-alam din ba ni Mama yon?"** Mahinahon kong tanong.

Huminga sya ng malalim at tumingin sa ibang direksyon. **"I'm not the one who should answer it."**

Parang hindi ko na kailangang itanong. Muka kasing alam ko na ang sagot. Kinagat ko ang labi ko para pigilan ang nagbabadyang luha pero ayaw talaga nilang magpa-awat.

**"Argh!"** Sigaw ko at tinakpan ang muka ko. **"...Tangina!"**

**"Tsk! Tanginang to! Don't say bad word."** Sita nya sakin pero hindi ko pinansin.

Nagpatuloy ako sa pag-iyak. Alam nila Mama ang totoo. Sigurado ako, wala silang binabanggit sakin na kahit ano kasi alam nila. Ayaw nilang hanapin ko si Papa dahil alam nilang may pamilya sya.

Ang tagal kong inasam na makasama si Papa kagaya ng Kuya ko. Kung sinabi lang sana nila sakin ang totoo, hindi na sana ako umasa pa. Hindi na sana ko nag-asam pa na makita sya.

**"Aaaaahhhhhh!!!!"** Malakas na sigaw ko.

Kaya pala pati sila Kuya Angelo pinipigilan akong makita sya. Kasi pala ganun!

*Lahat nalang ba?!*

Lahat nalang ba ng tao sa paligid ko magsisinungaling sakin? Binubuhay lang ba nila ko para paglihiman? Kaya pala parang hindi ako tanggap ng ibang kamag-anak namin.

*Kasi naging kabit si Mama at ako ang resulta.*

Bakit kailangang maging ganito kagulo ang buhay ko?! Bakit kailangang maging komplikado?! Bakit kailangang ako ang mahirapan sa lahat?!

Sinampa ko ang paa ko sa upuan at niyakap ang tuhod ko. Pakiramdam ko nag-iisa lang ako sa problemang kinakaharap ko.

Tama si Percy dapat yata hindi ko muna inalam ang lahat. Dapat yata pinalipas ko muna ang sama ng loob ko. Masarap yata talaga akong paiyakin kaya sunod-sunod ang dating ng problema ko.

Ang tapang-tapang kong humarap sa suntukan dati pero napatiklop ako ng mga nalaman ko ngayon. Hindi naman ako iyaking tao ngayon lang talaga ako umiyak ng ganito. Handa naman talaga akong humarap sa problema pero hindi ko man lang nagawang harapin ang katotohanan.

*Kasi mahina ako!*

Tumingin ako kay Percy na kasalukuyang nakatingin sakin. Awang-awa ang tingin nya sakin na para bang sobrang aping-api ako. Ayoko sa lahat yung kinaka-awaan ako ng ganyan pero anung magagawa ko? Inapi talaga ako. Inapi ako ng katotohanan, pinagsasampal ako na para bang nasa telenobela ako at pinahirapan hangang sa umiyak ako.

*Lakas maka-telenobela, feeling artista!*

**"Percy..."** Tawag ko sa kanya na parang nanghihingi ng tulong.

Bigla nalang nya kong niyakap. Ginatihan ko ang yakap na yon at walang patumanggang umiyak sa dibdib nya.

**"Okay lang yan... Andito si Kuya."** Sabi nya at hinalikan ang bunbunan ko. **"...Hindi ka iiwan ni Kuya kahit anung mangyari."**

*Ang daya...*

Hindi dapat sya ang nagsasabi sakin nyan. Si Aries dapat ang andito at nakayakap sakin ng ganito.

Akala ko dati magkakasundo kami ng Kuya ko kahit magka-iba kami ng Ama pero hindi pala. Kahit kailan hindi kami magkakasundo.

Hindi ko alam kung gano na kami katagal sa ganung posisyon. Tumigil lang ako sa pagiyak ng makaramdam ako ng sobrang pagod. Nanatali pa rin akong nakayakap sa kanya at nakatingin sa labas.

**"Gusto mo na bang umuwi?"** Tanong nya sakin.

Umiling ako at umalis sa pagkakayakap sa kanya. **"Ayoko ng umuwi samin."**

**"Hindi pwede... Kailangan----."**

**"Para saan?"** Putol ko sa sasabihin nya. **"...para paglihiman ulit? Pag-utuin nila at mapapayag sa gusto nila?"**

**"Kung hindi ka uuwi, saan ka pupunta?"** Tanong nya na parang naghahamon.

Yumuko ako at pinaglaruan ang mga daliri ko. **"Sa inyo."**

**"ANO?!"** Gulat na gulat na tanong nya. **"...Sira ba tuktok mo?! Hindi ka pwede samin!"**

Nakaramdam ako ng inis sa sinabi nya. **"Bakit hindi?! Kayo magkasama ni Papa tapos ako hindi pwede!"**

**"Dahil wala naman dyan ang Papa mo! Baka isipin ng mga tao don sa bahay, sinamantala ko na wala sila!"** Sagot nya sakin.

**"Kelan ko pwedeng makasama ang Papa ko?!"** Inis na tanong ko.

Umiwas sya ng tingin. **"Hindi ko pa alam."**

**"Bakit?!"**

**"It's complicated."** Maarteng sabi nya na lalung nagpa-inis sakin.

Hinawakan ko sa kwelyo at niyugyog ng sobrang lakas. Parang matatanggal ang ulo nya sa ginagawa ko.

**"A-aray! Tigil---Aray!"** Sigaw nya habang hawak ang kamay ko.

**"Hindi na ko uuwi don! Ayoko na silang makita!"** Sigaw ko naman sa kanya.

**"T-tumi----Jay!"** Sigaw nya ulit.

Pabato ko syang binitiwan at naging dahilan yon ng pagtama ng ulo nya sa bintana ng sasakyan. Kitang-kita ko kung panu nya indahin ang sakit.

*Napasobra ata!*

**"Sakit... Papatayin mo ba ko?"** Reklamo nya sakin habang mangiyak-ngiyak.

Nakonsensya ako bigla kasabay ng awa sa kanya. Hindi ko naman intensyon na inuntog sya. Hawak hawak pa rin nya ang parte ng ulo nya na tumama.

**"Hindi nga kasi pwede!"** Inis na sabi nya sakin. **"...Kailangan mo din silang harapin at pakinggan ang paliwanag nila."**

Napayuko ako. Totoong kailangan ko ngang harapin ang pamilya ko pero hindi ko alam kung handa ba kong pakinggan ang mga paliwanag nila.

**"Sige ganito nalang."** Sabi nya at tumingin ako sa kanya. **"...pagdating ng Papa mo ako susundo sayo para dun kana umuwi sa bahay."**

*Kelan pa yun?! Baka hindi ko na kayanin bago pa dumating si Papa.*

Napanguso ako pero nag-nod din agad bilang pag-sang-ayon sa sinabi nya. Sa totoo lang natatakot akong harapin sya. Iniwan nya ko nung unang beses na magkita kami baka hindi nya ko tanggapin o kaya kilalanin kapag nagka-harap kami ulit.

**"Iuuwi na kita."** Sabi nya habang nililigpit yung mga litratong nagkalat.

Binalik nya yon sa brown envelop at binato sa back seat. Pina-andar nya ang kotse matapos magligpit. Sa daan ako nakatingin buong byahe. Walang kahit na anung pumapasok sa isip ko.

*Blangko sa mga posibleng mangyari.*

Blangko din sa mga pwede kong gawin maliban sa pag-alis sa bahay nila Tita Gema. Para akong lantang gulay, walang buhay at walang ganang mabuhay. Mahapdi ang mga mata ko at kahit hindi ko tignan, alam kong namumula ang ilong ko.

Naubos ko na ata ang tissue ni Percy sa kotse. Inabot nya sakin kanina yon habang nakayakap ako sa kanya. Isang box yun ng tissue paper pero ngayon, walang ng laman.

*Mayaman naman sya, makakabili sya ng bago.*

Kulay dilaw at orange na ang langit ng makarating kami sa syudad. Sobrang layo pala ng pinuntahan namin ngayon ko lang napansin.

Biglang lumiko sa isang drive thru ang kotse. Dun ko lang din naalala na hindi pa nga pala kami kumakain ng panghalian. Nahiya tuloy ako bigla sa kanya.

*Gutuman na rin siguro sya ngayon.*

**"Sampung Happy Meal..."** Sabi nya dun sa crew ng Mcdo. **"...Puro burger yung minion yung balot tapos... Yung drinks etong Honey Banana float."**

*Honey Banana float?!*

Puno ng pagtataka ang itsura ko habang nakatingin sa kanya. Sampung Happy Meal?! Adik ba sa Mcdo ang taong to?

Inabot nya ang bayad sa crew at muling pinaandar ang kotse para kuhanin ang order sa kabilang window. Napilitan kaming maghintay dahil may nauna pang sasakyan samin.

**"Sampung Happy Meal?!"** Tanong ko.

Ngumiti sya sakin. **"Oo... Sayo yung toys akin yung pagkain."**

*Aanhin ko yung toys?!*

Umandar na yung sasakyan at sunod-sunod na inabot samin ng crew ang mga order. Sampung box ng Happy Meal, dalawang supot na puno ng burger na kulay dilaw ang balot at tatlong plastic kung saan nakalagay yung drinks.

Hindi ako nakagalaw dahil sakin lahat tinambak ni Percy yung plastic at box ng Happy Meal. Muli kaming umandar at huminto kami sa isang malawak na parking.

**"Kainan na!"** Sigaw nya at kumuha ng burger.

Sunod-sunod ang subo nya kaya halos mabilaukan sya. Natatawa ako sa kilos nya, may naalala kasi akong ganyang-ganyang kumain.

*Yung mga patay gutom!*

Napapikit ako ng marahan at pilit inalis yon sa isipan ko. Yung katakawan ng mga Ulupong na yon. Kung panu sila mag-unahan sa pila para lang makakain. Nasasaktan ako kapag naalala ko sila, bumabalik din kasi yung mga ala-ala na magkakasama kami----tapos hindi naman pala totoo.

*Wag kang iiyak!*

**"Kumain kana... Alam kong gutom ka."** Sabi ni Percy dahilan para mapatingin ako ulit sa kanya.

Dalawang burger na ngayon ang hawak nya at parehong may kagat. Sa totoo lang nagugutom na rin ako. Matapos ang walang humpay na pag-iyak at tanging isang bote lang ng tubig ang nagbalik ng kaunting enerhiya ko talagang gugutumin ako.

Nilagay mo muna lahat ng toys sa back seat at nagsimula ring kumain. Nang matikman ko yung burger bigla nalang akong nagutom ng sobra. Parang sampung araw akong hindi kumain.

**"Enge akong drinks."** Paki-usap ni Percy kaya inabot ko sa kanya yung isang plastic na puno ng drinks.

Sunod-sunod ang naging subo ko. Para akong kasali sa palaro ng pabilisang kumain. Tinignan ko si Percy na dalawang drinks na ang nauubos habang may isang burger pa sa kamay.

Halos mabilaukan ako sa bilis kong lumunok. Minsan hindi ko na nginunguya. Nanguha ako ng drinks at dire-diretsong ininom yun.

*Shit! Brain freeze...*

Sumakit ang ulo ko sa sobrang lamig ng inumin. Hindi ko man lang magawang hawakan ang ulo ko dahil hawak ko ang burger sa isa at yung drinks naman sa isa.

**"Hahahaha... Takaw mo kasi."** Sabi ni Percy habang tumatalsik pa ang laman ng bibig.

*Kadiri naman to!*

**"Hiyang-hiya naman ako sayo."** Inis na sabi ko.

Muli akong bumalik sa pagkain at hindi nalang sya pinansin. Tatlong drinks na ang nauubos nya samantalang ako dalawa. Isang burger nalang ang natitira sa harapan namin.

Tinignan nya ko at ngumiti ng nakakaloko. **"Akin nalang to... Marami ka ng nakain."**

Naka-handa na ang kamay nyang kunin ang burger pero agad ko yung hinampas ng malakas.

**"Sa plastic ko nakalagay... Kaya akin yan. Lima na yung naubos mo!"** Inis na sabi ko at kinuha yung burger.

Bago ko pa mabuksan yung balot, bigla nalang nyang tinulak ang muka ko gamit ang isang kamay.

**"Araaay!"** Sigaw ko.

**"Ang takaw-takaw mo! Akin na to!"** Sigaw nya sakin at inigaw ang burger.

*Bwisit!*

Ang sakit na nga ng damdamin ko tapos ginaganito nya pa ko. Binitiwan nya ako at agad na kinagatan ang burger kahit may balot pa.

*Wow! So, hindi sya matakaw ng lagay na yan?!*

Matapos kagatan inigaw ko ulit sa kanya yung burger. Tinangka nyang agawin sakin pero mabilis ang kamay kong dumiretso sa ulo nya para batukan sya.

**"ARAY!"** Malakas at may halong galit nyang sigaw.

Tinanggal ko yung balot at kinagatan yung burger ng malaki. Salubong na ang kilay nya habang nakatingin sakin.

Habang ngumunguya ako, bigla nalang syang tumingin sa bintana sa tabi ko at tumuro don. Sa sobrang taka ko tumingin din ako, yun nga lang bigla nyang inagaw sa kamay ko yung burger.

*Na-peke ako!*

**"Hoy!"** Muling sigaw ko.

Akala ko kakagatan lang nya pero bigla nyang dinilaan yung tinapay. Nakangiti sya ng nakakaloko at pilit ibinabalik sakin ang burger.

**"Oh ayan! Saksak mo sa baga mo!"** Sabi nya habang nakatawa.

Tinignan ko sya na purong pandidiri. Parang tanga naman kasi sa kasalaulaan. Mayaman ba talaga tong isang to?

**"Kadiri ka..."** Bulong kong sabi pero mukang narinig din dahil sa biglang pagtawa.

Maligaya nyang kinain ang burger habang iniingit ako sa bawat kagat. Lintik na yan! Binigyan nga ako ng panibagong kapatid kayalang may saltik din.

*Pwede ba kong mag-request ng matino-tino dyan?!*

Pero kahit ganun, hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. Sandali ko kasing nakalimutan ang problema dahil sa kakulitan nya. Yun nga lang hindi ako pwedeng maging kampante, dahil ganito rin noon. Naging kampante ako sa kanila kaya hindi ko nahalata na niloloko na pala nila ko.

**"May drinks ka pa dyan?"** Tanong nya habang pilit tinatanaw yung mga nasa plastic.

Malalim ang naging paghinga ko at inabot sa kanya ang natitirang drinks. Kumuha ako ng isa at hinayaan syang ubusin yung natitira.

Ang tindi sa katakawan nitong isang to. Parang ngayon lang nakaka-kain ng burger sa Mcdo. Matapos kumain yung mga toys naman ang binalingan nya.

**"Banana! Banana!"** Sabi nya habang pinaglalaruan ang isa.

Natawa nalang ako bigla sa kanya. Muka kasi syang bata at naalala ko sa kanya si Ci----*shit!* Para akong sinasaksak kapag naiisip ko sila.

Umiwas ako ng tingin at niligpit ang mga pinag-kainan namin. Inipon ko yon sa isang plastic at lumabas ng kotse para itapon sa malapit na basurahan.

Pagbalik ko, lahat ng laruan nakabukas na at pinag-lalaruan nya.

*Pfffttt... Isip bata!*

**"Nagbago na isip ko. Akin nalang pala tong toys."** Sabi nya.

**"Edi sayo na."** Bored kong sagot.

Sandali syang tumingin sa langit at niligpit ang mga laruan. Tinambak na naman nya lahat sa back seat.

**"Time to go home."**

Nakaramdam ako ng kaba. Malaking bahagi ko ang ayaw na talagang umuwi. Ayoko pang makita ang mga tao samin.

Habang umaandar ang sasakyan at palapit ng palapit sa amin, pabilis din ng pabilis ang tibok ng puso ko. Gusto kong buksan yung pinto ng kotse at tumalon nalang.

*Kayalang baka masakit... Wag nalang.*

Pagliko sa kanto papasok sa street namin, unti-unting bumagal ang takbo ng kotse. Malayo palang kasi kitang kita na ang mga sasakyang nakaparada sa labas ng bahay. Pati na rin ang mga taong tila nag-aabang.

*Kingina! Anung ginagawa nila dito?!*

Yung kaninang kaba ko, nahaluan na ngayon ng galit at sakit. Parang mas lalong ayaw ko ng umuwi. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang pumunta ng mga Ulupong na yan dito.

Huminto ang kotse ilang bahay ang layo mula samin. Napatingin ako kay Percy ng marinig ko ang pagbubuntong hininga nya.

**"Ayoko pa sanang magpakita sa kanila. Kayalang..."** Tumingin sya sakin at ngumiti. **"...kailangan mo ng umuwi."**

**"Baka pwede bukas nalang ako umuwi? Baka kasi----."**

**"Hindi. Napag-usapan na natin to Jay."** Seryosong sabi nya kaya hindi na ko nagsalita.

Halo-halo ang nararamdaman ko ng muli nyang paandarin ang kotse. Sa amin lumipat ng tingin ng mga Hayop na Ulupong. Wala si Yuri at Keifer, pero kahit ganun hindi pa rin nawawala ang nararamdaman ko.

Huminto ang kotse sa mismong harap ng mga Ulupong. Kanya-kanya sila ng pwesto at tila na-alarma sa presensya naming bagong dating. Pinatay ni Percy ang makina pero nanatili kami sa loob.

Ilang beses akong huminga ng malalim at lumunok para pagilan ang mga nagbabanyang luha.

Hinawakan ni Percy ang kamay ko at ngumiti. Nag-nod sya sakin na parang sinasabi na 'O*kay lang yan, Pwede ka ng lumabas*'. Wala akong choice kundi ang buksan ang pinto. Lumabas ako pilit itinago ang nararamdaman ko. Pinilit ko ding maging blanko ang expression ko.

*Sobrang hirap para sakin nito! Ang itago ang sakit sa harapan ng mga nanakit sakin.*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 193

**A/N:** NO EDIT! I no longer accept dedication. Kung kukuha po ako, sa fb ko nalang po announce.

**I shall return**

***Jay-jay's POV***

Hindi pa talaga ako handa na humarap sa kanila. Sariwa pa ang sugat at ang lahat-lahat----kaninang umaga lang kaya. Pero makulit masyado tong si Percy ang sarap lang iuntog sa pader.

"*Jay-jay*"

"*Si Jay-jay.*"

"*Andito na sya.*"

Sunod-sunod na sabi nila. Puno ng pag-alala ang mga itsura nila. Halos lahat sila nagtangkang lumapit sakin pero tumigil din ng bumukas ang pinto sa parte ng driver. Kita ko ang pagkabigla ni Felix at David. Pagtataka naman ang naging reaksyon ng iba----hindi siguro kilala si Percy.

**"K-kuya?"** Tawag ni Felix sa kanya.

Ngumiti si Percy sa kanya. **"Kamusta? Na-miss mo ba si Kuya?"**

Hindi nakagalaw si Felix at kita ko ang panginginig ng labi nya. Sinamantala ko ang pagkakataon na nakay Percy ang atensyon nila. Pumasok ako sa gate at dumiretso sa bahay.

Huminto ako pagdating sa pinto. Mukang nagkamali ako ng akala na wala ang mag-bestfriend'ng Gago dito.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri at tumayo.

Agad na napunta sakin ang atensyon ng lahat ng tao sa bahay. Dun ko lang napansin na kumpleto pala sila. Dali-dali silang lumapit sakin maliban kay Tito Julz at Andy.

**"Saan kaba nagpunta?"** Bungad sakin ni Lola na puno ng pag-aalala.

**"Yung mga kaklase mo kanina ka pa hinahanap."** Sabi ni Tita Gema.

**"Anu bang nangyari? Bakit bigla kang umalis sa school nyo?"** Tanung ni Mama.

Wala akong naging sagot sa mga tanung nila. Tinignan ko sila isa-isa. Masama ang tingin sakin ni Kuya at Aries. Naramdaman ko na naman ang pagbara ng hangin sa lalamunan ko. Huminga ako ng malalim para pagilin yon pero nawalan ng saysay yon ng magtama ang tingin namin....ni Keifer.

*Tangina!*

Wala syang reaksyon habang naka-cross arm at nakasandal sa sofa. Hindi ko masabi kung anung gusto nyang iparating pero pinili kong umiwas at kasabay non ang pagpatak ng luha ko mula sa isang mata.

Humarap ako kay Mama na halatang galit dahil sa ginawa ko.

**"Ma..."** Tawag ko sa kanya. **"...Anak ba ko sa labas?"**

Mahinahon ang pagkakasabi ko pero ang laki ng pagbabago ng expression nila. Maging si Kuya at Aries nagbago din ang istura.

Hinawakan ni Mama ang braso ko pero agad kong binawi yun. Panay ang buka ng bibig na para bang may sasabihin sya pero hindi nya maituloy.

**"S-saan mo naman n-narinig yan?"** Pilit nyang tanung.

**"Anak ba ko sa labas?"** Pag-uulit ko sa tanung.

Muling bumagsak ang ilang luha mula sa mata ko. Diretso ang tingin ko kay Mama dahil ayokong hindi makita ang magiging reaksyon nya.

**"Jay... S-syempre h-hindi----."**

**"Sinungaling."** Putol ko sa sasabihin nya.

Agad nya kong tinignan ng masama pero pilit binawi yun. **"A-anu bang s-sinasabi mo?"**

**"Anak ako sa labas dahil may asawa na si Papa nung nagkakilala kayo."** Diretsong sabi ko.

Wala na kong paki-alam kung marinig ng iba ang sasabihin ko. Malalaman at malalaman din nila yon. Si Keifer pa, *He have ways* nga diba?!

Huminga ng malalim si Mama. **"S-saan mo ba nakuha yan?"** May halong inis na ang tinig nya.

Hindi ako sumagot, may ilang sigundo pa ang naging titigan naming dalawa bago sya bumaling sa pintuan sa likod ko.

**"Good evening po."** Sabi ni Percy habang pumapasok.

Kagaya ng naging reaksyon ni Felix ang naging reaksyon ng mga nakakakilala sa kanya sa bahay. Si Tita Gema na napatakip pa sa bibig nya. Si Kuya Angelo na sobra-sobra ang pagtataka at si Aries na halos mawala na ang pagitan ng kilay sa pagsalubong.

**"You've finally show up."** Sabi ni Keifer.

**"Na-miss ko na kasi kayo."** Sagot ni Percy.

Kahit hindi ko sya nakikita alam kong naka-ngiti sya. Naglakad sya palapit sa tabi ko. Sandali ko syang tinignan bago ibalik ang tingin kay Mama na nagtataka sa kanya.

**"Hi Tita..."** Bati ni Percy kay Tita Gema. **"...Wazzup Boss..."** Kay Kuya Angelo. **"...Aries, my men!"**

Hindi nagbago ang expression nila. Dito ko na pagtanto na totoo ang tanung na '*bakit ganyan itsura mo? Para kang nakakita ng multo.*'

**"What the..."** Sabi ni Aries ng mapagtantong totoo ang kaharap nya. **"...You're fvcking alive?"**

*Hindi! Multo yan, multo.*

Tumawa si Percy at tumingin muna sakin bago magsalita. **"Alive and kicking."**

Napasinghap si Aries at parang nagpipigil ng galit. Ginulo nya ang buhok nya at hinalamos ang muka. Nakakabigla talaga kapag nakita mong buhay na buhay ang taong akala mong patay na.

Hinarap ako ni Percy at hinawakan sa likod. **"Is everything alright?"**

*Anu sa tingin mo?!*

Hindi ako makasagot dahil obvious naman na hindi. Ramdam ko ang pagtingin samin ng lahat na puno ng pagtataka.

**"Excuse me? Pwedeng malaman kung sino ka?"** Iritableng tanung ni Mama.

**"Sorry... Where is my manners?"** Inilahad nya ang kamay kay Mama. **"...I'm Percy Rey Mariano. Son of Reycee Mariano."**

Unti-unti nag-iba ang reaksyon ni Mama. Para bang nasagot ang tanung nya kanina. Ibig sabihin lang nito kilala nya yung Reycee----Mama ni Percy.

Agad na hinawakan ni Mama ang braso ko at hinatak palapit sa kanya. Pilit kong binawi ang kamay ko kaya nagsalubong ang kilay nya.

**"Bakit kayo magkasama?! Anung kailangan mo sa anak ko?!"** Galit na tanung ni Mama.

Ngumiti si Percy na para bang hindi nagagalit sa kanya si Mama. **"Wala naman po... Gusto ko lang makasama ang kapatid ko."**

Bigla nalang tumawa si Aries pero yung tawa na naiinis sya. Alam kong magulo ang nangyayari pero nagagawa pa ring kumalma ni Percy sa harap ng iba.

Muli na naman nya kong tinignan. **"Alis muna ko, mukang kailangan nyong mag-usap..."** Tumingin sya kila Keifer, Yuri at Aries. **"...at may kailangan din akong kausapin."**

Ngumiti sya at nagpaalam na samin. Agad na sumunod sa kanya sila Keifer, Yuri at Aries. Hindi ko alam kung panung usap ang gagawin nila pero malakas ang kutob kong magkakagulo sila.

Nang tuluyang mawala sa paningin namin agad akong hinarap ni Mama. Hinawakan nya ang parehong braso ko ng mahigpit.

**"Panu kayo nagkita ng lalaking yon?! Anung sinabi nya sayo?!"** Galit na tanong nya.

**"Jeana..."** Pigil ni Tita Gema sa kanya.

Pilit kong binawi ang mga braso ko pero lalong humihigpit ang hawak nya. Ramdam ko din ang pagbaon ng kuko nya kaya lalu akong nasasaktan.

**"Sumagot ka!"** Sigaw nya.

**"Pinuntahan nya ko!"** Pasigaw kong sagot sa kanya.

Sa totoo lang mas gusto kong isigaw na '*masakit*'. Nasasaktan na ko sa pagkakahawak nya. Mahapdi na rin ang pagkakabaon ng kuko nya.

**"Anung sinabi nya sayo?!"**

Padabog kong binawi ang kamay ko. Halos matuklap ang balat ko dahil sa biglaang paghatak ko habang nakabaon ang kuko nya.

*Ang sakit!*

**"Sinabi nyang 'Anak ako sa labas'!"** Pabalang kong sagot.

Hawak-hawak ko ang braso kong hawak nya kanina. Napapagod na kong umiyak pero sa paraan ng pagtingin nya sakin, hindi maiwasan.

Para bang may mali akong ginawa at kinahihiya nya ko.

**"Anu pa?!"** Galit na tanung nya.

Sakin lang nakatuon ang mga tingin nya. Sinabayan ko ang titig nya yon. Alam kong Nanay ko sya at dapat nirerespeto pero hindi ko matiis na hindi ipakita sa kanya ang sama ng loob ko.

**"ANU PA!"** Malakad nyang sigaw na nagpa-atras sakin.

**"Anu bang paki-alam mo sa sinabi nya?!"**

Bigla nalang nyang hinawakan ang panga ko at diniinan yon. Kitang kita ko ang galit sa mga mata nya.

**"Hon! Nasasaktan yung bata!"** Awat ni Andy pero hindi sya pinansin ni Mama.

Sunod-sunod na bumagsak ang luha ko. Nahihirapan ako kahit hindi naman dapat. Hindi ako makahinga kahit wala namang sumasakal sakin. Hindi ako makagalaw kahit napaka-luwag sa kinatatayuan ko.

**"Napupuno na ko sayo! Bakit ba ayaw mong sagutin ang tanung ko?!"** Galit na sabi nya habang dinuduro ako.

**"Jeana... Bitawan mo na si Jay-jay. Nahihirapan yung----."**

**"Wag kayong makialam!"** Putol ni Mama sa sasabihin ni Lola.
**"...Usapan mag-ina to!"**

**"Naging ina kaba sakin?"** Nakaka-insulto kong tanong.

Isang malutong na sampal ang naging tugon nya sakin. Hindi na ko nabigla na kaya nyang gawin sakin yon pero kahit ganun hindi ko pa rin maiwasan na hindi masaktan.

**"Ganyan kaba talaga ka-bastos?!"** Tanung nya at isa pang sampal ang isinunod nya.

**"Jeana... Tama na!"** Awat ni Tita pero hindi sya pinansin ni Mama.

**"Pinipilit kong ayusin yung satin pero ayaw mo kong pabigyan!"** Sabi nya at isang sampal na naman ang binigay nya.

Basag ang tinig nya at parang wala ng lakas ang mga sumunod nyang sampal. Kung saan-saan na rin tumatama ang palad nya.

**"Bakit kailangang pahirapan mo ko ng ganito!"**

Hindi ako nakasagot, hinintay ko lang ang mga sampal nyang tumama sakin. Masakit sa balat pero wala ng mas sasakit pa sa mga nangyari sakin.

**"Bakit ba kasi ikaw ang naging Nanay ko?"** Halos pabulong kong sabi.

**"Jay-jay!"** Sita sakin ni Lola.

Hinintay ko ang palad ni Mama na tumama sa muka ko pero wala. Tinignan ko sya at kita'ng-kita ko ang pagbagsak ng mga luha nya habang parang nabigla sa sinabi ko.

Wala akong kahit anung nararamdaman. Manhid na yata ako sa sakit.

**"Jay-jay... Wag mong sagutin ang Mama mo ng ganyan."** Maotoridad na utos ni Kuya.

Hindi ko sya pinansin. Nanatili ang tingin ko kay Mama. Parang walang ibang tao sa bahay bukod saming dalawa.

**"Batang ina..."** Panimula ko. **"...asawa ng bayan at ngayon kabit. Anung title ang sunod mong kukuhanin?"**

Panibagong malakas na sampal ang natanggap ko. Muntik pa kong matumba sa lakas non. Namanhid din ang pisngi ko sa sobrang sakit pero mas nasaktan ang damdamin ko ng makita ko kung sino ang sumampal sakin.

*Hindi pa pala ako manhid!*

**"Lola..."** Tawag ni Kuya na may pag-aalala at agad na lumapit sakanya.

**"Hindi kita pinalaki ng ganyan... Ang kapal ng muka mong sagutin ang nagbigay ng buhay sayo."** Sabi ni Lola na puno ng panunumbat.

Tuloy-tuloy na bumagsak ang luha ko. Nanginginig ang labi ko habang humihinga ng malalim.

**"Sana hindi mo nalang ako binuhay..."** Mahina kong sabi kay Mama. **"...kung ganito lang din naman na puro kasinungalingan ang nakapaligid sakin."**

Wala ng nagsalita pa sa kanila. Tumalikod ako sa kanila at sinimulang maglakad papunta sa kwarto ko. Sobrang pagod na pagod ang katawan ko kaya kahit paghakbang parang hindi ko na magawa.

Siguro masama ang ugali ko nung past life ko. Ngayon ako pinagbabayad sa lahat ng kasalanan ko. Pagdating sa kwarto ko napaluhod nalang ako sa sahig.

Inilabas ko na lahat ng luha na pwede kong ilabas. Sumisikip ang dibdib ko na para bang dinudukot ang puso ko. Masakit, sobrang sakit! Pakiramdam ng nag-iisa lang ako at walang kakampi sa bahay na to.

++++++++++++++++++++++++++++++

***Percy's POV***

I love the sound of my car engine. Lalu na kapag mabilis ang takbo. Mula sa side view mirror kita'ng kita ko ang mga kotse nilang nakasunod sakin kahit madilim.

*Sige lang... Sunod lang kayo!*

Mas binilisan ko pa ang takbo at talagang balak sabayan ni Keifer ang bilis ng sasakyan ko. Binaba ko ang bintana sa tabi ko at sinilip sya.

**"Woooohhhhh! Habol pa!"** Pag-aasar ko sa kanya.

Binaba din nya ang bintana ng kotse nya at gitnang daliri nya ang bumungad sakin. Seryoso ang itsura nya habang nakatingin sa daan.

*This is nice! I fvcking miss my friends!*

Muli kong tinignan ang side view mirror at ganun nalan ang pagtataka ko ng makitang may isang hindi pamilyar na kotse pa ang naka-sunod samin.

Tignan ko ang paligid at naghanap ng pwedeng hintuan. Kami lang naman ang nasa daan dahil madilim na din. Huminto ako sa tabi at lumabas ng kotse.

Sunod na huminto sa harap ko ang kotse ni Keifer at Yuri. Hindi nagtahal huminto na din yung kotse ni Aries at yung hindi pamilyar na sasakyan.

Lumabas ang mga kaibigan kong mukang nabibiyaan ng husto sa kapogian----syempre mas nabiyayaan ako! Bumaba na rin yung driver ng hindi ko kilalang kotse.

Si David pala ang driver nito at kasama nya si Felix na masama ang tingin sakin. Nginitian ko sila habang naka-cross arm.

**"Percy..."** Tawag sakin ni David.

**"Tsk! Tsk! Hindi ka sumasagot sa tawag ko..."** Sabi ko habang napapa-iling.

Tumingin sya kay Keifer sandali. **"S-something happened."**

**"What the fvck?! Ako nalang ba talaga ang hindi nakaka-alam na buhay ka?!"** Galit na sabi ni Aries.

**"Kelan lang din namin nalaman yan."** Sagot sa kanya ni Yuri.

**"Pero sana man lang sinabi nyo din sakin yung alam nyo!"**

Napahilamos na sa muka si Aries kasabay ng malalim ng paghinga. As i expected, i know he won't be happy to see me. Nahirapan sya ng husto ng mawala ako dahil nasa kanya ang sisi ng lahat.

**"What makes you show up?"** Bored na tanung ni Keifer.

**"Stupid question."** Bulong ko at humarap sa kanya habang nakangiti. **"...Of course my family and Jay-jay."**

**"Lier!"** Sigaw ni Felix. **"...Kung talagang kami ang dahilan sana noon ka pa gumawa ng paraan."**

**"It was very complicated back then... Every time na gusto ko kayong makita, kinakailangan ko ng umalis."** Mahinahong kong paliwanag.

Naiintindihan ko ang galit ni Felix. Nahirapan din sila lalu na't sila ang sumalo ng galit ni Papa. Alam ko din na naghirap sila ng iwanan na sila ng tuluyan ni Papa.

**"That's your reason? Hindi mo kami nagawang tawagan or padalan ng mensahe because you need to leave?"** May halong inis na tanung ni Yuri.

Kung kaninang mahinahon ako ngayon parang hindi na. Hindi ko na yata kayang gawin yun. Nag-iinit ang ulo ko kapag nakikita ko sya.

**"I was paralyzed after '*The accident*'. Mom never allow me to contact anyone."** Medyo inis na sabi ko.

Diniinan ko talaga ang salitang '*the accident*' para maalala naman nila yung nangyari. Nakakahiya naman kasi parang ako lang ang hindi naka-move on.

**"What the fvck is your connection with Jay-jay?"** Seryosong tanung ni Keifer.

*Ugh! Why do i need to explain everything to them?!*

**"Haaayy... Nakakapagod magpaliwanag."** Bulong ko at dumiretso ng tayo. **"...Stepsister ko sya. Nagkataon kasi na yung Mom ko ay asawa pala ng Dad nya. I know, you are all aware of my story with my Mom."**

**"Yun lang ba talaga? It's more like something else."** Sabi ni Yuri.

Tinignan ko sya ng masama. **"Anung gusto mong iparating?"**

**"I don't know... Maybe revenge to us?"** Painosenteng sabi nya.

Ang alam ko ako ang malakas mang-inis samin pero ako ang napipikon sa ginagawa ni Yuri. Pero hindi ako papatalo.

**"Revenge? What for? May dahilan ba ko para '*maghiganti*'?"** May laman ang bawat salitang binibitawan ko.

Gusto kong makaramdam sila na wala akong dahilan para maghiganti, kahit pa pakiramdam ko iniwanan nila kami nung panahong kailangan namin sila ni Aries.

"*Lumabas kana! Iwanan mo na ko!*"

"*No! I'm not leaving you here!*"

Shit! Napapikit ako ng mag-flashback sakin ang gabing yon. Ayoko munang alalahanin yon. Hindi ako makapag-concentrate sa gusto kong mangyari.

**"Hindi pwedeng wala kang galit samin. Anung malay namin kung balak mong gamitin si Jay----."**

Natawa ako bigla ng malakas dahilan para huminto si Yuri ng pagsasalita. Talagang ipipilit nila ang pinaniniwalaan nila.

**"I will never do that... I'm not like you."** Natatawang sabi ko.

Tumaas ang kilay ni Keifer. **"Like us?"**

**"Yeah..."** Bigla akong sumeryoso. **"...Akala mo ba hindi ko alam ang ginawa nyo kay Jay-jay?"**

Ngumiti si Keifer at tumingin kay David. Mukang may clue na ko kung bakit hindi sya sumasagot sa tawag ko at kung bakit parang namamaga ang muka nya.

**"Your dog is loyal to you..."** Sabi ni Keifer at tumawa.

Kita ko ang pagkuyom ng kamao ni David. Wala talagang hindi nalalaman ang Keifer na to. Sinigurado ko ang pagtatago namin ni David pero nahuli pa rin nya kami.

**"...ikaw din ba ang nag-utos sa Aso mo na halikan si Jay-jay."** Seryosong dagdag nya.

Hindi ako nag-react kahit nabigla ako. Maging si Yuri, Aries at Felix ay napatingin kay Keifer at David.

*Ngayon, alam ko na!*

**"You did what?!"** Galit na sabi ni Yuri at akmang lalapit kay David.

**"Inutos ko yun."** Mabilis kong sabi.

Huminto sila pare-pareho at tumingin sakin na may pagtataka----maliban kay Keifer.

**"What for?!"** Baling sakin ni Yuri.

*Kakairita ang muka nito, pati pulang buhok. Mukang palito ang buset!*

Huminga ako ng malalim at tinignan si Keifer. **"Para sagarin si Keifer at ipakita kay Jay-jay ang ugali nya."**

Sana lang tumama tong mga pinag-sasabi ko. Wala akong clue sa nangyari kaya hindi rin ako sigurado sa mga pinag-sasabi ko.

**"Congratulation..."** Sabi ni Keifer at pumalakpak. **"...Your dog done his job well."**

*Muntik na! Buti nalang talaga...*

**"Anung balak mo ngayong andito kana?"** Seryosong tanung ni Aries.

Ngumiti ako sa kanya. **"Bumawi sa mga nasaktan ko at ipakilala si Jay-jay sa Papa nya."**

**"Hindi mangyayari yon."** Sagot nya sakin. **"...layuan mo si Jay-jay."**

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Sumakay na sya ng kotse at mabilis na pinaandar yon paalis. Inilipat ko ang tingin kay Keifer at Yuri.

**"Dapat sa inyo nya sinabi yon."** Sabi ko at tumawa.

Umiling lang sila pareho at sumakay na rin sa kotse. Magkasunod silang umalis at naiwan si David at Felix. Ngumiti ako sa kapatid ko kahit salubong na salubong ang kilay nya.

**"Sakin kana sumabay... Ihahatid kita at gusto ko ring makita si Dalia."** Sabi ko.

Hindi sya gumalaw nung una pero agad ding lumapit sa kotse ko para sumakay. Nakatitig lang sakin si David at naghihintay ng sasabihin ko.

**"You kiss Jay-jay."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 194

**A/N:** NO EDIT! Hindi pa ko tapos sa pagpapahirap kay Jay-jay. Hahahaha 😂😂😂😂...

**Last cry**

***Jay-jay's POV***

Panay ang katok nila Tita sa kwarto ko. Alam kong gusto nila kong maka-usap pero pinili kong hindi sila harapin. Nilakasan ko ang volume ng music sa cellphone ko.

Nakasalpak ang headset sa tenga ko. Ayokong makarinig ng kahit ano. Tanging Rock music lang ang gusto kong marinig sa mga oras na to.

*Hay... Parang dati lang.*

Napatingin ako sa cellphone ko ng may dumating na text message.

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Pasok kna, please...* 😢😢

Binura ko agad ang message nya. Dalawang araw na kong hindi pumapasok. Nawalan na ko ng gana sa maraming bagay at kasama na don ang pumasok sa school.

*Para saan? Para makita sila? Para makita sya? Hindi na!*

Minsan iniisip ko nalang na tapusin nalang ang buhay ko pero hindi pa pwede. Gusto ko pang makita at makasama si Papa, kahit sandali lang.

Napatingin ako sa pinto ng bigla nalang bumukas yun. Ni-lock ko yun---- *Sira na yung doorknob!* Galit na pumasok si Aries at agad akong kinwelyuhan. Tinanggal ko ang headset sa tenga ko at kinwelyuhan din sya.

*Suntukan?! Suntukan?!*

**"Alam mong buhay si Percy at alam mo din ang kwento namin! Bakit wala ka man lang sinabi sakin?!"** Galit na sabi nya at sinandal ako sa pader.

Buong lakas ko syang tinulak habang nakahawak sa damit nya. Sinabayan ko din ang masamang titig nya.

**"Bakit?! Sinabi mo ba sakin na andito lang sa malapit si Papa?! Sinabi mo ba saking anak ako sa labas?! SINABI MO BA SAKING KAPATID KITA?!"** Galit na sagot ko sa kanya. **"...Kaya wag kang magreklamo! Patas lang tayo!"**

Lalung tumindi ang galit nya sakin. Tinulak ulit nya ko pasandal sa pader pero sinabayan ko yon. Namumuka tuloy kaming bata na nagtutulakan.

**"STOP IT!"** Malakas na sigaw ni Kuya Angelo at agad na lumapit samin.

Kasunod nya si Tita Gema na naki-awat na rin samin. Pilit nila kaming pinag-hiwalay. Pumagitna si Kuya at hinarang ang dalawang braso nya samin. Hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya.

**"Explain yourself, Aries."** Mahinahong utos ni Kuya.

Hindi sya sumagot, nanatili din syang nakatingin sakin ng masama. Kung nagkataon lang na hindi agad dumating si Kuya baka nag-suntukan na kami dito.

*Kahit kapatid ko pa sya!*

Hindi ako magdadalawang isip na paduguin ang nguso nya. Tutal sya at si Mama naman may kasalanan ng lahat ng paghihirap ko ngayon. Yung makabawi man lang ako kahit isang suntok lang.

**"Anu bang nangyayari?"** Biglang singit ni Mama na mukang kakarating lang. **"...bakit ganito yung doorknob?"**

*Sinira ng magaling mong anak!*

**"Hindi ka talaga magsasalita?"** Iritableng tanung ni Kuya at bumaling sakin. **"...anung ginawa ni Aries?"**

Hindi ako sumagot, agad akong dumiretso sa banyo at nagkulong. Ayoko sanang umalis ng bahay pero hindi ako makakatagal ng ganito. Tapos hindi pa ko tinatawagan or tinetext ni Percy.

Agad akong naligo at nag-ayos. Paglabas ko ng banyo wala na sila at sarado na ang pinto----kayalang sira na ang doorknob.

Ang lakas ng tama ng Aries na yon. Wala na naman yata sya sa sarili nya kaya nagawa nyang pumasok dito at pagsalitaan ako ng ganon. Magkakaibigan talaga sila, pare-pareho silang baliw.

*Mas baliw nga lang si Percy.*

School uniform ang suot ko pero nag-dala ako ng pang-bihis sa bag. Kuwari nalang papasok ako para hindi na sila magtanung. Ayoko kayang pumunta sa school. Aano ako don?!

*Magpapabebe!*

Matapos magbihis, bumaba na ko at si Lola ang una kong nakita.

**"Pasok na po ako."** Sabi ko at nilagpasan sya.

Narinig ko ang mahinang pagtawag nya sa pangalan ko pero nagtuloy-tuloy pa rin ako. Masakit pa rin sakin ang ginawa nyang pagsampal. Masakit sakin kasi sya yung una kong inaasahan na magpapalakas ng loob ko. Siguro nasagad ko na yung pasensya nya at talagang naging bastos ako.

Tumingala ako sa langit at huminga ng malalim. Napapagod na ko sa kakaiyak kaya bago pa mag-umpisa, inunahan ko na.

*Buti sana kung nagiging perlas kayo pagbumagsak.*

Sa Mini Mart muna ko nagpunta. Hindi pa kasi ako nag-aalmusal kaya bibili muna ko ng pagkain. Habang namimili ng iinumin merong nahagip ang paningin ko.

*San Miguel Beer.*

Hindi ko alam pero nate-tempt akong kumuha. Napa-kagat ako sa labi habang nakatitig don. Ilang beses akong nag-isip hangang sa mapag-desisyunan kong kumuha ng dalawang bote. *Hindi naman masama yung dalawa!* Agad akong pumila sa cashier.

**"Miss..."** Tawag sakin ng babaeng kahera. **"...hindi ko po kayo pwedeng pagbentahan nito. Student pa lang po kayo."**

*Wew nemen!*

**"Seryoso ka dyan?!"** Sarkastik na tanung ko.

Nag-uumpisa na kong mairita dahil sa sinabi nya. Student?! Napaka-raming naka-uniform dyan na bumibili ng alak.

**"Pasensya na po."** Sabi nya at akmang kukunin yung dalawang bote ng alak.

Tinignan ko sya ng masama. Nag-iinit ang kalamanan ko, kailangan ko tong alak. KAILANGAN KO TO?!

**"Kung paduguin ko kaya sa suntok yang muka mo, pagbibilan mo na ko?"**

Kita ko ang pagkabigla sa muka nya. Binitiwan din nya ang bote na hawak nya kanina.

**"Miss... H-hindi po kasi talaga pwede."** Nakaki-usap nyang sabi.

**"Napaka-tindi-----!"**

**"Miss!"** Tawag ng kung sino mula sa likod ko. **"...Ako nalang magbabayad nyan."**

Napataas ang kilay ko sa kanya. Hindi ko alam kung nagkataon lang ba o sadyang hinanap nya ko at natagpuan dito sa Mini Mart.

**"I know I'm handsome but no need to stare like that."** Naka-ngiti nyang sabi.

*Ang sarap talagang suntukin ng muka nya.*

Bakit parang pamilyar sakin ang linayahan na yon?----*ah tama!* Linyahan ng Pesteng Hari ng mga Ulupong. Ngayon ko pa talaga sya naalala.

**"Oh..."** Bored na sabi ni Percy habang inaabot sakin ang mga dapat bibilhin ko. **"...Agang alak nito. Nag-almusal ka na ba?"**

Hindi ko sya sinagot. Kinuha ko nalang yung mga binayaran nya at naghanap ng table na pwedeng pwestuhan. Kumain muna ko dahil wala pa talang laman ang tyan ko.

Nang maubos yon, yung alak naman ang binalingan ko. Tinitigan ko pang mabuti yon at sa isang iglap bigla nalang natanggal ang tansan.

*Oohhh... The power of staring.*

Joke lang! Binuksan ni Percy yun ng hindi ko napapansin. Naupo sya sa harap ko at nakangiti na namang nakatingin sakin.

**"Anung oras mo balak pumasok?"** Tanung nya sakin.

Uminom muna ko habang nakatingin din sa kanya. *Argh!* Gumuguhit sa lalamunan. *Tsakit!*

**"H-hindi ako papasok."** Walang gana kong sagot.

**"Bakit naka-uniform ka?"**

**"Para hindi na sila magtanung."**

Bahagya syang tumawa. **"Bad yan!"**

Inirapan ko sya ng matindi. Yung nakakahiwa sa talim. Nakakabusit kasi tong taong to. Ilang araw na hindi nagparamdam sakin tapos ngayon mang-aasar.

**"Ewan ko sayo... Buset ka!"**

Bigla nalang syang tumawa ng malakas at may pahampas-hampas pa sa lamesa. Lalu akong nabuset sa kanya at parang ang sarap nyang suntukin.

Tinungga ko ulit yung bote ng alak na hawak ko pero wala ng lumabas na kahit ano. Naubos ko na pala ng hindi ko namamalayan. Agaw pansin kasi tong abnormal na stepbrother ko.

**"Bili ka pa nga!"** Utos ko at bigla nalang syang naging seryoso.

Akala ko napikon sya sa pagkakasabi ko pero unti-unti umawang ang labi nya at bumuo ng malapad na ngiti. Sa sobrang lapad labas gilagid nya. Muka tuloy syang impakto!

**"Ayoko... Pilitin mo ko..."** Sabi nya.

Nasampal ko nalang ang noo ko. Ang lakas talaga ng tama nya.

Pwede kayang mag-request pa ko ng isang kapatid? Okay lang kahit babae, basta hindi ganito mag-isip. Yung normal naman at matured hindi ganitong abnormal at immature.

*Please... Isa pang kapatid! Yung normal kausap!*

**"Wag mo na pala ako ibili... Baka mapikon ako ipukpok ko nalang sayo tong bote."** Sabi ko at tumayo na.

Lumabas na ko ng Mini Mart at hinayaan syang mag-isa. Alam ko namang susunod sya----*yan pa!*

**"Saan tayo?"** Tanung nya mula sa likod ko.

*See?!*

**"Ewan ko sayo..."** Pabulong kong sabi at naglakad na paalis.

Sa totoo lang kahit naman ganyan sya na parang tanga, masaya ako na andito sya. Sandali kong nakakalimutan ang problema ko kahit sakit sya sa ulo.

Napahinto ako ng may mapansin ako sa kabilang daan. May mag-jowa sa kabila na sweet na sweet habang naglalakad. Ewan ko pero parang nakarinig ako ng nabasag.

**"Shit! Tinamaan ko yung bintana!"** Sigaw ni Percy at bigla nalang hinawakan yung kamay ko at nagtatakbo.

*Punyeta to! Akala ko puso ko na yung nabasag. Paka-emote pa naman ako.*

Huminto kami sa isang park na may playground. Nakahawak ako sa tuhod ko habang naghahabol ng hangin. Sumakit yung binti ko sa layo ng tinakbo namin.

**"Anu ba kasing pinag-gaga-gawa mo?!"** Inis na tanung ko.

**"Yung daga sa bubong ang binabato ko! Kayalang kinapos, yung bintana ang tinamaan."** Paliwanag nya.

*Bwisit talaga!*

Napailing nalang ako habang naghahanap ng bench na pwedeng upuan. Sandali akong naglakad-lakad pero napahinto din ng may mapansin ako. Isang lalaki na naka-sweat shirt at hoodie jacket na superman, naka-headset at parang nag-jo-jogging.

*S-si Keifer.*

Kusang humakbang ang paa ko palapit sa kanya pero agad din akong huminto. Bakit ako lalapit sa kanya?

Aaminin ko may bahagi ko ang gusto syang makita. Dalawang araw akong hindi pumasok kaya dalawang araw ko din syang hindi nakita. Masakit sakin ang ginawa nya pero hindi ko naman maiitatanggi----*may nararamdaman pa rin ako sa kanya!*

**"Oy... Bakit?"** Tanung sakin ni Percy at tinignan din ang tinitignan ko. **"...ahh."**

Kusang nanlabo ang mata ko dahil sa mga luha. Bumabagsak na naman sila na walang patumangga.

*Sana naman maging perlas na kayo!*

Ang sakit kasi! Ang sakit na naniwala ako na mahal din nya ko. Naniwala ako sa mga sinasabi nya. Kasi parang totoo, ramdam ko eh. Kung panu nya ko titigan at hawakan. Kapag hinahalikan nya ko at niyayakap. Totoo para sakin.

**"Percy..."** Tawag ko habang nakatitig pa rin sa paalis na Keifer. **"...panu mo malalaman kung mahal ka ng isang tao?"**

**"Kapag sinabi nya..."** Mabilis nyang sagot.

Tinignan ko sya at ng mapansin ang mga luha ko agad syang sumeryoso. Tingin ko nakuha naman nya ang gusto kong iparating.

**"...m-mahirap sabihin. K-kusa mo naman kasing mararamdaman yun lalu na kung pinaparamdam nya."**

Huminga ako ng malalim at muling tumingin sa gawi ni Keifer. Malayo na sya sa amin.

Ayokong mag-assume kasi nga baka masaktan ako. Pero kung hindi ko gagawin to, hindi ko malalaman ang totoo. Naglakad ako patungo sa direksyon ni Keifer.

**"Huy! Saan ka pupunta?"** Tanung ni Percy habang nakasunod sakin.

**"Gusto ko lang masagot ang tanung ko."** Sagot ko at mas binilisan ang paglakad.

**"Sigurado ka ba dyan? Baka tama lang ng alak yan."**

Kung tama man ng alak to ayos lang. At least may lakas ako ng loob na gawin to. Kahit ngayon lang, gusto kong masagot ang tanong ko.

*Mahal mo din ba ko?*

Kahit sa kabila ng mga panloloko nila. Kahit minsan ba hindi pumasok sa isip nya o naramdaman man lang. Posible naman siguro yon, kagaya ng mga napapanood ko sa tv.

Sa kakasunod namin sa kanya late ko na napansin na pauwi na pala sya sa kanila. Saktong nasa gate na sya ng bahay nila ng huminto sya. Tinanggal nya ang headset at nagpamaywang.

**"Next time you'll follow me make sure I don't notice you."** Sabi nya ng hindi humaharap samin.

*Nice! Alam talaga nya lahat!*

Umikot sya at bored kaming tinignan. Basang-basa ng pawis ang buhok nya. Parang lalu syang gumwapo sa itsura nya. Hindi ko talaga alam kung panu sya kakausapin. Wala talaga akong ideya kung panu ko sya tatanungin.

**"What do you want?"** Tanung nya samin.

**"A-anu... K-kasi... M-may----."** Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko.

Bigla nalang kasing pumasok si Percy sa gate ng bahay nila Keifer. Oo, pumasok sya na parang sya ang may ari ng bahay.

*Kapal din! Ayos!*

**"Hey!"** Sigaw sa kanya ni Keifer at agad na sumunod sa kanya.

**"Pa-CR ako!"** Sagot ni Percy at mabilis na tumakbo paloob ng bahay.

Napilitan akong pumasok din sa gate. Naiwan kasi ako sa labas mag-isa. Nakatayo si Keifer sa malapit sakin at naka-hawak sa sintido nya.

**"Paglabas ng stepbrother mo, umalis na kayo."** Mahinahong sabi nya sakin at akmang lalakad paalis.

*Teka lang... Sayang ang pagkakataon.*

**"Keifer!"** Tawag ko sa kanya at huminto sya. **"...M-may gusto lang akong malaman."**

Humarap sya sakin at hinintay ang sasabihin ko. Diretso sa lang ang tingin nya dahilan para manlambot ang tuhod ko. Pinilit kong magpaka-tatag kahit gusto ko ng bumagsak.

**"What is it?"**

**"G-gusto ko lang malaman..."** Huminga ako ng malalim. **"...sa k-kabila ng ginawa mo. M-minahal mo ba ko?"**

Wala syang naging reaksyon sa ilang segundong titigan namin. Hangang sa bigla syang tumawa na para bang tuwa'ng-tuwa sya sa sinabi ko.

*Nabaliw na!*

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Natatakot ako sa ginagawa nyang pagtawa pero mas natatakot ako sa magiging sagot nya.

**"Sinundan mo ko para itanung yan?"** Nakatawang tanung nya. **"...i can't believe this."**

Napapailing pa sya habang sinasabi yun. Gusto kong humakbang paalis dahil parang alam ko na ang sagot pero ayaw makisama ng tuhod at paa ko.

*Shit naman! Kaunting pakikisama naman!*

**"Let me guest... Nag-expect ka na baka nagkaroon din ako ng feelings sayo habang niloloko kita?"**

Hindi ako makasagot, ayoko ng marinig ang sasabihin nya.

**"What a damn!"** Dagdag nya at tumawa ng malakas. **"...This is not a TV series or movie. Falling for you or realizing that I love you in the middle of my revenge will *never* happen."**

*Tangina!*

Ayoko ng marinig! Tama na! Please! Ayoko na, hindi ako handang marinig yun. Mali na nagpunta pa ko dito.

**"Ganun pala ako kagaling umarte. Napaniwala kita!"** Nakatawa pa rin sya.

Unti-unti syang naglakad palapit sakin. Ang nakatawang itsura nya ay parang tawa na ngayon ng impakto. Handang gumawa ng kahit na anung masama.

**"Para hindi kana umasa, hayaan mong linawin ko sayo."** Huminto sya sa mismong harap ko. **"...I will *never* fall for you. You are just a stupid-little-shit for me just like your brother Aries."**

Bumagsak na ang luhang pinipigilan ko. Mahigpit ang naging paghinga ko. Ayokong umiyak sa harap nya pero hindi ko mapigilan. Masyado akong naapektuhan ng mga sinasabi nya.

*Utang na loob, maging perlas naman kayo!*

Nag-smirk sya. **"Kung bumigay ka lang sana sakin nung New Year malamang maaga mong nalaman ang totoo. Kung ibinigay mo lang sana ang sarili mo non tapos ang plano."** Nag-cross arm sya at tinignan ako mula ulo hangang paa. **"...Sayang nanalo sana ang kalahati ng Section E sa pustahan."**

*P-pustahan?!*

Lumawak ang ngiti nya ng mapansin nyang wala akong alam sa sinasabi nya. Mas lalu syang lumapit sakin dahilan para mapa-atras ang isang paa ko.

**"Come to think of it... Hindi pa tapos ang pustahan."** Bigla nalang nya kong niyakap sa bewang. **"...Bakit hindi natin ituloy ang naudlot nung New Year?"**

Ang isang kamay nya ay humawak ng mahigpit sa panga ko. Napapikit ako sa sakit. Pinilit kong itulak sya pero kinabig lang nya ang katawan ko palapit sa kanya.

**"B-bitiwan mo ko."** Paki-usap ko pero tinitigan lang nya.

**"I know you want it."** Sabi nya at marahas akong hinalikan.

Lalu akong napaiyak sa ginawa nya. Hindi ganito yun. Hindi ganito yung paghalik na ginawa nya sakin. Nasasaktan ako at parang ipinapamuka nya na kayang-kaya nya ko.

Nababastos ako sa ginagawa nya. Nawawalan na sya ng respeto sakin. Hindi ito yung Keifer na minahal ko. Yung kahit gago at malakas ang sapi, pinparamdam pa rin na mahal ako.

*Nagkamali na naman ako!*

Ayoko na! Hindi na ko aasa. Malinaw na sakin na hindi nya ko mahal na ginamit lang nya ko at mukang pinag-pustahan pa.

Hinugot ko na yung natitirang lakas ko at tinulak siya. Bahagya syang napalayo sakin pero kinuha ko ang pagkakataon na yon para suntukin sya. Sinadya kong patamaan sya sa panga.

Bumagsak sya! Kahit nanlalabo pa ang mata ko dahil sa luha lumapit ako sa kanya at sinundan ang suntok na yon. Nakapa-ibabaw ako sa kanya habang patuloy sa pagsuntok.

May ilang beses dumapo ang kamao ko sa muka nya, dumudugo na rin ang ilong at bibig nya pero wala pa ring humpay ang mga luha ko sa pagbagsak. Napatigil ako ng makita ko kung panu nya ko tignan.

*Walang buhay....*

Lalu akong napaiyak ng malakas. Sa muka nya bumagsak ang mga luha ko kaya naman humalo na yon sa dugo. Tinitigan ko ang mga mata nya, gusto kong makita nya na sobrang sakit ng ginawa nya. Kung pwede lang kainin na sya ng konsensya nya at hindi na patulugin sa gabi.

Napatingin ako gilid ng mata nya ng mapansin kong may tumulong luha don.

*Imposible!*

Agad akong umalis sa ibabaw nya. Tinignan ko sya ng masama habang unti-unti syang nauupo. Pinunasan nya ang muka nya na puno ng luha ko at dugo.

*Luha ko yon, hindi sa kanya!*

Hindi sya iiyak para sakin. Hindi nya gagawin yon! Nakita ko si Percy na palabas ng bahay. Agad akong naglakad paalis pero muli kong hinarap si Keifer bago tuluyang makalabas ng gate.

**"Itaga mo sa bato, pati dyan sa noo mo at sa pwet ng aso! Babalikan ka ng karma! Kingina mo!"** Huminga ako ng malalim dahil sa basag na boses ko. **"...At kapag nangyari yon! Ako unang tatawa dyan mismo sa pagmumuka mo!"**

Mabilis akong tumakbo palabas ng gate nila. Narinig ko pa ang boses ni Percy na tinatawag ako pero mas pinili kong hindi pansinin yun. Tumakbo lang ako ng tumakbo. Hindi ko alam kung saan ako dadalin ng mga paa ko, basta makalayo ako sa kanya.

Pero kamalas-malasan nga naman. Natisod ako at muntik ng masubsob. Napahinto ako at napaupo dahil sa takot na naramdaman ko. Yun nga lang naging dahilan lang yun para kumawala ang sakit na nararamdaman ko kanina pa.

Para akong bata na nawalan ng laruan. Patuloy sa paghagulgol.

**"Aaaaaahhhhhh!!!"** Sigaw ko kasabay ng pagsuntok ko sa dibdib ko.

*Sobrang sakit kasi!*

Bakit ba kasi umasa pa ko?! Ang tanga-tanga ko talaga. Bakit ba nakahiligan ko ang pag-iyak?! Hindi naman ako iyakin. Pakiramdam ko sobrang hina ko at wala akong utak.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Percy habang unti-unti syang nauupo sa harap ko. **"...andito na si Kuya. Tama na."**

Sa halip na tumahan, mas lalo pa kong napaiyak ng malakas. Niyakap ko na rin sya ng mahigpit. Ayoko na talagang umiyak, napapagod na ko. Sawang-sawa na ang mata ko sa pagbagsak ng mga luha na hindi naman magiging perlas.

*Eto na talaga ang huli!*

Hindi na kita iiyakan, hinding-hindi na. Hindi ko na sasayangin ang oras ko sayo, Animal kang Hari ng mga Demunyung Ulupong.

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 195

**A/N:** Sorry for the wrong grammar and spelling.

Serious na si Jay-jay dito. Promise!

Nasan na yung may mga galit kay Keifer? Hahahaha...

**Old Jay-jay**

***Jay-jay's POV***

Malakas ang music, sa sobrang lakas hindi ko na naririnig ang sinasabi ni Percy. Nakatingin lang ako sa kanya habang patuloy sya sa pagsasalita.

*Talagang bang may sinasabi sya?! Parang bumubuka lang yung bibig nya.*

**"ANO?"** Tanung ko sa kanya.

Nilapit nya ang muka nya sakin at nagsalita na naman pero hindi ko talaga sya marinig. Sinamaan ko sya ng tingin.

*Buka lang ng buka yung bibig nya, wala namang boses! Hayop!*

**"Gago ka! Sisipain kita!"** Banta ko sa kanya at tumawa naman sya ng malakas.

Buti pa yung pagtawa nya naririnig ko. Kung hindi ba naman kasi abnormal tong isa na to. Ang lakas nya mantrip ng kapwa.

**"WOOOOOHHHHH!!"** Malakas na sigaw ng mga tao ng mag-isa ang music.

Nasa Kingsground kami ngayon. Sa disco na part hindi sa underground. Si Percy ang nagdala sakin dito, sabi nya maganda daw maglabas ng sama ng loob dito.

Napatingin kami sa palapit na lalaking naka-itim. Ang laki ng katawan nya at may suot na gold chain necklase.

*Bouncer!*

**"Pinapatawag kayo sa taas!"** Sabi nya at tinuro ang opisina ni Tiger.

Nagtinginan muna kami ni Percy bago sumunod sa kanya papunta dun sa opisina ni *PPAP*. Kagaya dati hagdan ang tanging daan papunta sa opisina nya. Pagpasok namin sa loob, nakatayo si Tiger sa tabi ng malaking bintanang salamin kung saan kita ang mga tao sa baba.

Hindi kagaya sa baba na malakas ang music, dito walang kahit na anung ingay.

**"Boss."** Sabi nung bouncer at humarap samin si Tiger.

*Anak nang tipaklong!*

Ayos talaga pumorma ang isang to. Naka-short lang sya na may design pa ng araw at payong. Naka-tsinelas na beachwalk at sandong kupas sa kulay. May suot din syang buleg na sumbrero.

*Summer na summer ang get up!*

**"Jay-jay!"** Bati nya sakin at akmang yayakapin ako.

Agad akong lumayo ng makita ko ang mala-gubat nyang kili-kili dahil sa tayog at haba ng buhok. *Putik!* Bawasan man lang sana. Nakakadiri na ang dating sakin.

**"Bakit? Wag kang mag-alala, mabango ako kahit hindi ako naliligo."** Sabi nya at tumawa.

*Kadiri talaga!*

**"Wala kang pinag-bago Tiger."** Singit ni Percy kaya sa kanya lumipat ang atensyon nito.

**"Isa ka dun sa alaga ni Angelo dati..."** Sabi nya at ngumiti. **"...Anu nga ulit pangalan mo?"**

Napakamot ako sa ulo. Hindi talaga sya matandain sa pangalan. Kahit noon, inabot din sya ng syam-syam bago maalala pangalan nila Aries.

**"Percy."** Inis na sagot nya.

**"Ahh tama... Perting!"** Sabi ni Tiger at tumawa.

**"Percy."** Ulit nya pero tinawanan pa rin sya ni Tiger.

*Aning talaga!*

Napatingin ako sa malaking salamin. Muka kasing sobrang saya ng nga tao sa dance floor. Nakikisabay sila sa malakas na music at patuloy sa pagsayaw na parang walang kapaguran.

Buti pa sila.... Buti pa sila kayang magsaya ng ganyan. Na-iinggit ako, gusto ko ring maging masaya kagaya nila. Gusto ko ring maging masaya ng walang kahit anung problema.

Buhay na buhay ang lahat. May sumasayaw sa stage. May naghahalikan sa sulok at meron kung makapag-sayaw parang walang ibang tao.

*Sana kaya ko ding maging masaya kagaya nila.*

Dahil sa nga nangyari sakin, hindi ko alam kung kaya ko ngang maging masaya kagaya nila. Pakiramdam ko kinakain na ko ngayon ng kalungkutan, sakit at galit.

Niloko ako ng mga taong tinuring kong pamilya. Nagsinungaling sakin ang mga tao sa bahay at higit sa lahat ginamit ako ng taong akala ko mahal ako.

Hindi ko alam kung kaya ko pa ring maging masaya sa kabila ng mga nangyari.

**"....Buti pa magkwentuhan muna tayo."** Sabi ni Tiger kaya napatingin ako sa kanila. **"...Ilabas ang pinaka-mahal na alak."** Utos nya dun sa bouncer.

Sumunod naman ito agad. Nilapitan nito ang isang kabinet at binuksan yon. May vault pala ito sa loob. May kung anu-anu syang pinindot at bumungad ang isang bote na walang kahit anong label.

*Alak ba yun?*

Wala akong balak na maupo dito at panoorin sila. Nakakainip kaya! Naglakad ako palapit kay Percy.

**"Pwede ba ko don sa baba?"** Tanung ko habang tinitignan ni Percy yung bote.

**"Pwede naman... Hindi ka nga lang pwedeng uminom."** Sagot ni Percy.

*Eh anu yon! Aanu ako don?!*

**"Anung hindi?!"** Inis na tanung ni Tiger. **"...Hayaan mo syang mag-inom. Libre ang alak para sayo!"**

Gusto kong pumapakpak sa sobrang saya. Anak ng tokwa! Minsan lang makatisod ng libre sa alak pa talaga.

*It's my lucky day!*

Meron syang sinenyas dun sa bouncer at agad itong lumabas. Iniwanan ko yung gamit ko sa tabi ni Percy. Naglakad na ko palabas at agad akong dumiretso sa bar area.

Sa dami ng tao, halos abutin ako ng syam-syam bago makarating sa destinasyon ko. Bunggo dito, bunggo doon, meron pang tulak ng tulak. Ang sakit tuloy ng braso ko.

Paglapit sa bar, naupo ako sa isang stool. Tinaasan ako ng kilay ng bartender habang nakatingin sa suot ko. Naka-uniform pa nga pala kasi ako.

**"Costume."** Sabi ko sa bartender.

Nag-nod lang sya kahit obvious naman na hindi sya naniniwala. Nakita ko yung bouncer ni Tiger at meron syang binulong sa bartender.

Tinignan pa nya ko bago mag-nod at bumalik sa ginagawa. Hindi ko tuloy alam kung hihingi ba ko ng alak. Baka kasi hindi nya ko pagbigyan dahil sa uniform ko.

**"FVCKING SHIT!"** Malakas na sigaw ng isang lalaki sa hindi kalayuan sakin. **"...WAG KA NG MAGPAKIPOT!"**

**"DON'T FVCKING TOUCH ME!"** Sigaw naman ng isang babae.

Wala akong balak tignan kung sino sila. Ayokong maki-alam sa gulo. Ayoko ng makisawsaw sa problema ng iba tapos bandang huli ako din pala ang masasaktan.

*Ayoko na!*

**"Anung gusto mong inumin?"** Tanung nung bartender.

Wala akong alam na alak. San Miguel Beer lang ako pero mukang wala sila non dito. Mamahalin din ang mga alak nila at hindi ko pa mga kilala.

**"Y-yung binibigay nyo sa taong broken hearted?"** Patanong kong sagot.

Napailing ang bartender habang nakangiti dahil sa sinabi ko. Malay ko ba kung anu binibigay nila sa mga customer nila. Wala nga kasi akong alam dito lalu na sa mga alak nila pati na rin sa dapat inumin.

Meron syang nilabas na shot glass at sinalinan yun ng alak. Nilapit nya yun sakin habang naka-ngiti pa rin.

*Eto na yon? Sa liit nito, anung epekto nito sa katawan?*

Tinignan ko yung ibang customer na ganun din ang basong hawak. Mabilis ang pagtungga nila sa bawat baso. Ginaya ko ang paraan nila ng paghawak at ginawa din ang mabilis na pagtungga.

*Putana! Ugh!*

Diretsong lunok at para akong uminom ng apoy. Gumuguhit sa lalamunan at sa dibdib. Napapikit ako dahil sa pangit ng lasa.

*Kingina!*

Malakas na pagtawa ng isang babae ang narinig ko. Agad ko namang tinignan yun na nasa tabi ko lang.

**"First timer?"** Tanung nya sakin.

Hindi ko sya pinansin. Binaba ko ang shot glass sa harap ko at agad namang sinalinan ng bartender yun. Ready na sana akong tunggain ulit yun pero natigilan ako dahil ulit sa babaeng pinagtatawanan ako.

Nasa tabi ko pa rin kasi sya at titig na titig sakin. Nag-uumpisa na kong mairita sa kanya. Tinignan ko muna sya ng may halong inis baka sakaling makaramdam sya at umalis.

*Susuntukin kita!*

**"What?"** Inosenteng tanung nya. **"...keep drinking, don't mind me."**

Ginawa ko ang sinabi nya. Tinungga ko ng mabilis ang shot glass at ganun na naman ang naramdaman ko. Parang sinusunog ang lalamunan ko sa init ng alak sa loob ko.

Pagkababa ng shot glass napatingin ako sa babaeng nasa tabi ko. Nakatingin pa rin sya habang naka-ngiti. Mukang wala talaga syang balak umalis sa tabi ko.

**"May kailangan ka ba?"** Medyo inis na tanung ko.

Bahagya syang tumawa. **"Nakakatuwa ka kasing panooring mag-inom."**

*Eh?*

Napataas ang isang kilay ko. Ang lakas yata ng tama nito sa utak. Siguro lasing na sya at ako ang naisipan nyang pagtripan. Bubuka pa lang sana ang bibig ko para paalisin sya pero isang lalaki ang umakbay sa kanya.

Agad syang pumalag at tinulak ng malakas yung lalaki. **"What the fvck?!"**

**"Nagpapakipot na naman sya, Bro!"** Sabi nung isang lalaki na kasama yata nung umakbay dito sa katabi ko.

**"Pwede?! Layuan nyo na ko!"** Inis na sabi ng katabi ko.

Tumawa lang naman yung lalaking umakbay sa kanya. Sandali pa silang nag-uusap at parang binabastos na nila tong katabi ko. Naiinis ako sa kanila dahil na-iistorbo ang pag-iinom ko.

Muli kong hinarap yung bartender at nang-hingi ulit nung binibigay nya sakin. Akmang tutunggain ko na yon ng may kamay na umakbay sakin.

*Shutanginames!*

Mabilis kong inalis yung kamay na halos umabot na sa dibdib ko. Umikot ako para tignan ng masama yung hayop na gumawa non. Yung lalaking umakbay sa katabi ko ang kaharap ko ngayon at malawak na naka-ngiti.

**"Palaban din..."** Sabi nung lalaking nasa likod nya at nakikitawa.

Tinignan ko yung babaeng katabi ko. Mangiyak-ngiyak na sya habang pilit pinapalayo yung mga lalaking nambabastos sa kanya.

**"Shit! You're a highschool student?"** Tanung ng lalaking kaharap ko.

*Ay hindi... elementary!*

**"Taga-HVIS."** Sabi nung isang lalaki. **"...balita ko pakawala daw mga student ng school na yan."**

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nila. *Pakawala?!* Anung ibig nilang sabihin don? Malawak ang naging ngiti nila. Anim sila na kanina lang ay binabastos tong katabi ko ngayon naman ay ako.

**"Wag nyo na nga kaming guluhin! Umalis na kayo!"** Pagtataboy nitong katabi ko.

**"Shut up Savannah!"** Sabi nung lalaking kaharap ko at tinignan ako. **"Are you alone? Gusto mo bang samahan ka namin?"**

Ayoko talagang makipag-away. Wala akong gana. Bagsak pa ang katawan ko sa mga problema pero yung mga ganitong pagkakataon hindi talaga maiiwasan.

*Badtrip!*

**"Talaga?"** Inosenteng tanong ko. **"...sasamahan nyo ko?"**

Kanya-kanya ng ngiti ang mga luko at nag-high five pa yung iba. Akala siguro nila isa ako dun sa mga pakawalang HVIS.

**"Oo naman. Kahit saan mo gusto."** Nakangiting sabi nitong kaharap ko.

Ngumiti din ako sa kanya at hinawakan ang shot glass sa isang kamay ko. **"Kahit sa langit?"**

Nagtawanan sila at sandaling nagtinginan bago ako sagutin. **"Why not? If that's what you want."**

*Manyakis! Mga lalaki talaga...*

Ngumiti ulit ako sa kanya at hinanda na ang kamay ko. **"Bakit hindi ka mauna?"**

*Ma-tegi-boom kana! Kinginamos!*

Bago pa sya makasagot binuhos ko sa kanya ang laman ng shot glass. Sakto naman sa muka nya kaya naka-kuha ako ng pagkakataon para sipain sya sa dibdib.

**"Shit!"** Sigaw nila.

Agad kaming pinag-tinginan ng mga taong malapit samin. Yung iba naman ay walang paki-alam at patuloy pa rin sa ginagawa.

*Sayaw lang!*

**"O.M.G."** Sabi ni Savannah na nasa tabi ko pa rin. **"...that was freaking awesome."**

**"Gago ka!"** Sigaw nung isa at akmang susugurin ako pero hinawakan na sya ng bouncer.

**"Bawal mang-gulo dito!"** Sigaw nung bouncer at dinampot sila isa-isa.

Bumalik na ang mga tao sa ginagawa nila kaya bumalik na din ako sa kina-uupuan ko. Tinignan ko yung shot glass sa kamay ko. Nasayang yung laman.

**"Ang astig nung ginawa mo!"** Kinikilig na sabi nung Savannah.

*Andito pa pala sya?!*

**"...thank you for saving me. Ako nga pala si Savannah Shane."** Pakilala nya at iniabot ang kamay sakin.

Wala sana akong balak pansinin sya pero itsura pa lang nya halatang kukulitin na ko. Inabot ko ang kamay ko sa kanya.

**"Jay-jay."** Walang buhay na sagot ko.

Hihingi na sana ako ulit nung iniinom ko, kayalang istorbo talaga tong babae na to sa tabi ko. Nagsimula na syang magsalita ng kung anu-anu tungkol don sa mga lalaking nambastos samin.

**"...ang kulit-kulit talaga ng mga yun... Anyways, thank you again for saving me."**

**"I didn't save you."** Sabi ko na nagpatigil sa kanya. **"...pina-alis ko lang yung mga luko na yon dahil istorbo sila."**

Nag-kibit balikat lang sya at dumaldal na naman. Hindi ako sumasagot at tinitigan lang yung shot glass. Wala pang epekto sakin yung alak kaya hangang ngayon lutang pa rin ako. Mabigat pa rin ang loob ko sa mga nangyari.

*Durog pa rin ang puso ko!*

**"Bakit tahimik ka?"** Tanung ni Savannah sa mismong muka ko.

Oo! Katapat mismo ng muka ko. Bahagya akong lumayo dahil sa pagka-ilang. Nag-uumpisa na kong ma-wirduhan sa kanya.

**"W-wala. Gusto ko pa kasing uminom kayalang busy yung bartender."** Sagot ko.

Bahagya syang tumawa at sinilip na pilit yung bartender. Busy naman talaga sya, busy sa pakikipag-landian sa ibang customer.

**"Can I ask you something?"** Tanung nya habang nakangiti sakin.

**"You're already asking."**

Tumawa na naman sya. **"What is your problem?"** Taka akong napatingin sa kanya. **"...Well, obviously hindi ka iinom ng ganyan kung wala kang problema."**

*Obviously?! Ang kulit mo.*

**"Wala kana don."** Halos pabulong kong sabi pero mukang narinig din nya.

**"It's okay, you can tell me. Friends na tayo----."**

*Whut?!*

Agad kong pinutol ang sasabihin nya. **"Friends? Kelan pa?"**

Tumawa ulit sya. **"Kanina lang."**

Nag-uumpisa na kong mainis sa kanya. Para bang hindi sya makahalata na ayaw ko ng kausap at mas gusto kong mag-inom.

*Anu ba, Ateng?!*

**"...Kaya sabihin mo na sakin ang problema mo. School? Family? Or lovelife?"**

Napaiwas ako ng tingin sa huling salitang binitawan nya. Bad word kasi yun, masama sa kalusugan. Tumawa na naman sya at may pa-hampas-hampas pa sakin.

*Konti pa! Susuntukin na kita!*

**"Broken hearted ka no?"** Sabi nya na parang inaakusahan ako.

Handa na sana akong sagutin sya at paalisin pero bigla nyang inagaw sakin yung shot glass at kinawayan yung Bartender.

**"...Mali ang iniinom mo."** Dagdag pa nya.

Paglapit ng Bartender meron agad syang binulong. Halata ang pagtanggi sa itsura nung lalaking Bartender. Tumingin pa muna sakin ito bago ibalik ang tingin kay Savannah.

May ilang sandali pa sila nag-usap bago kumilos ang Bartender. Meron syang alak na kinuha at inilagay sa baso. Dinagdagan nya pa yun ng kung anu-anu at inalog.

*Mukang tinitimplahan na nila ko ng lason.*

Matapos paghalu-haluin ang mga kailangan, sinalin nya sa shot glass yung laman at binaba sa harapan ko. Taka kong tinignan yung Bartender at si Savannah na naka-ngiti lang naman sakin.

**"Anu to?"** Medyo inis na tanung ko.

**"Yan ang '*Broken Hearted Medicine*'. Ako mismo ang naka-discover nyan."** Pagyayabang nya. **"...at hindi ka malalasing dyan, don't worry."**

Tinuro ko yung shot glass. **"Anung saysay nito kung hindi pala nakaka-lasing?"**

Tumawa na naman sya. **"Just try it!"**

Para lang matahimik na tong babae na to. Huli na to at babalikan ko na si Percy para ayain sa ibang lugar. Sumasakit na kasi talaga ang ulo ko sa taong to.

Mabilis kong ininom yung laman. Napapikit ang isang mata ko dahil sa lasa. Maasim na, mapaet at parang mint. Pero hindi kagaya kanina, hindi gumuguhit sa lalamunan ang isang to.

**"Okay, nainom ko-----."**

*What the.... Fudgie barr!*

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko. Unti-unti kasing nag-slow motion ang paligid. Literal na nag-slow mo!

Pinikit ko ang mata ko at pinisil ang sintido ko. Sumasakit ang ulo ko, hindi ko alam kung epekto na ba nung alak to.

**"Savannah! Anu ba tong pina-inom mo?"** Tanung ko.

Hindi sya sumagot kaya naman dinilat ko ang mata ko. Parang may kung anong dumaloy sa katawan ko. Nagising ang diwa ko at parang ang lakas-lakas ko.

*Shit lang!*

Dinaig ko pa uminom ng sampung kape. Ang bilis din ng tibok ng puso ko. Tinignan ko yung paligid at parang gumanda lahat sa paningin ko. Ang lakas-lakas din ng music at parang nakaka-enganyong sumayaw.

**"Anung feeling?"** Naka-ngiting tanung ni Savannah.

Napangiti din ako ng hindi ko namamalayan. **"Shit! Nakaka-gising! Hahahaha..."**

Kahit walang nakaka-tuwa parang ang saya-saya ko. Pati sya humingi din ng inumin na kagaya ng binigay sakin. Ininom nya yon at bigla nalang tumayo.

**"Let's enjoy this night!"** Sigaw nya.

Hinawakan nya ang kamay ko para hatakin papunta sa gitna ng mga nag-sasayaw. Paghinto namin, lalung lumakas ang tugtog. Napangiti ako ng makita ko ang mga taong sige lang sa pag-sayaw.

*Gusto ko din non!*

Kahit hindi ko alam kung anung step ng sayaw ang gagawin, sumayaw pa rin ako. Tinaas ko ang dalawang kamay ko at sige lang sa pag-galaw.

**"Wooooohhhhhh!!!"** Malakas na sigaw ko. **"...Party animal!"**

Narinig kong tumawa yung ibang malapit sakin. Patuloy kami sa pag-sayaw at ganun din si Savannah. Buhay na buhay ang dugo ko at parang wala ng katapusan ang pagsasayaw namin.

*Sige! Sige! Sumayaw!*

Kung ganito lagi ang mararamdaman ko parang ang sarap mabuhay. Walang kahit na anung problema----*may problema ba ko?!* Walang kahit na anung tinatakasan----*may tinatakasan ba ko?!* At nawala ang dahilan ko kung bakit ako nag-iinom----*bakit nga pala ako nag-iinom?!*

*Bakit parang may nakakalimutan ako?! Hahahahaha...*

**"Savannah!"** Tawag ko sa kasama kong patuloy sa pag-indak. **"...may nakakalimutan ba ko?!"**

Nag-nod sya. **"Nakalimutan mong maghanap ng ka-date!"**

*Ka-date?! Yun ba?! Madali lang yan!*

Tinignan ko ang paligid. Maghahanap lang ako ng pwedeng hatakin. Isang lalaki ang umagaw ng pansin ko. Gwapo at mukang seryosong seryoso habang nakatingin....sakin?

*Target acquired!*

Nakatayo sya sa gitna ng maraming tao. Hindi sya sumasayaw. Nakatayo lang at titig na titig sakin. Napa-kagat ako sa ibabang labi ko.

Lalakad na sana ako palapit sa kanya pero bigla nalang umakbay si Savannah sakin. Mukang nakita din nya ang tinitignan ko.

**"Chickboy yan."** Bulong nya at tumawa. **"...Keifer ang pangalan."**

*Putcha!*

Biglang nag-flashback sakin lahat. Yung dahilan kung bakit ako andito. Yung sugat na pilit kong ginagamot. Yung mga salitang binitawan nya. Yung sakit na nararamdaman ko. Kailangan mawala ulit to!

*Gusto ko ulit non! Gusto ko nung ininom ko kanina!*

Pinilit kong bumalik at hanapin yung Bartender kanina. Medyo nabigla pa sya ng makita ang itsura ko.

**"I-isa pa non! Please!"** Paki-usap ko.

Umiling sya sakin. **"One per person lang! Masama ang epekto non sa katawan!"**

Para akong maiiyak na hindi ko maintindihan. Kailangan ko non, gusto non.

**"Sige na... Please!"**

**"Miss! Hindi talaga----."**

**"Bigay mo na Kuya!"** Singit ni Savannah na sumunod pala sakin.

Malalim ang naging buntong hininga ng bartender. Kumuha ulit sya ng kaparehong alak at pinag-halo-halo. Pagbaba sa harap ko agad kong ininom yun.

*Shit! Eto na naman!*

**"Tara na!"** Aya sakin ni Savannah.

Bumalik kami sa gitna at nagpatuloy sa pag-sayaw. Kakaiba ang pakiramdam ko kesa kanina. Mas gising ang diwa ko. Mas mabilis din ang tibok ng puso ko.

Pakiramdam ko nag-iisa lang ako kahit ang daming tao. Parang ako lang ang nagsasayaw kahit ang daming tumatamang siko sakin. Ang init ng pakiramdam ko kahit malamig ang hangin na dumadapo sakin.

**"WOOOOOHHHH!!!"** Sigaw ko. **"...Disco! Disco! Good! Good!"**

Tawa ng tawa si Savannah sa tabi ko habang patuloy kami sa pag-sayaw. Pati ako napatawa na rin ng walang dahilan. Muka kaming baliw dahil sa pagtawa namin pero masaya lang talaga kami.

*Walang humpay na kasiyahan!*

Napatingin ako sa isang lalaking palapit samin. Nakatingin sya sakin habang naka-ngiti. Kulay blue ang mata nya na nag-spark kapag tinatamaan ng ilaw.

**"Hi!"** Bati ko sa kanya pag-lapit nya sakin.

**"You look so happy!"** Sabi nya.

**"I'm just enjoying the night!"** Sagot ko at sumayaw sa harap nya.

**"Really?!"**

Medyo sarcastic ang dating sakin ng pagkakasalita nya pero ngumiti lang ako at nag-nod.

Biglang nawala yung ngiti nya at sumeryoso sya. **"Enjoy! Enjoy! Tara na! Iuwi na kita!"** Inis na sabi nya.

*Lah! Baliw ata si Koya! Biglang nagbago ang mood!*

**"Bakit ako sasama sayo?! Hindi naman kita kilala!"** Sagot ko.

Bigla nalang nya kong binatukan. Napahawak ako sa batok ko dahil sa lakas ng ginawa nya. Nahilo yata ako!

**"Yan! Naalala mo na?!"** Inis na tanung nya.

Naiiyak ako sa sakit ng pagkakabatok nya sakin. Feeling ko mawawalan ako ng malay. Tinignan ko sya ng masama at ng madaanan ng ilaw ang muka nya, naalala ko na!

**"P-percy?!"**

**"Effective ang batok ko!"** Pagyayabang nya. **"...Tara na!"**

**"Ayoko pa!"**

**"Uuwi ka o uuwi ka?!"**

*Kainis naman! Bwisit naman to! Nag-e-enjoy pa ko!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 196

**A/N:** Sorry sa wrong grammar and spelling.

Para sa mga **Team David**, i'm shorey. Hehehehe... 😙😙😙

**Keifer's plan**

***Jay-jay's POV***

*Aaaarrrrgggghhhhh!!!!*

Sobrang sakit ng ulo ko! Hindi naman ako naglasing kagabi pero daig pa ng Hangover yung nararamdaman ko. Hinampas ko ang ulo ko sa pagbabaka-sakaling matabunan non yung sakit na nararamdaman ko.

Pero walang talab. Namamalipit na ko sa higaan. *Tang'na!* Kung eto pala ang kapalit ng inumin na yon, hindi'ng hindi na ko iinom non.

*Ang sakit talaga!*

Narinig ko ang pagkatok sa pinto ng kwarto ko.

**"Jay..."** Boses ni Tita Gema. **"...Bangon na. Tatanghaliin ka sa school."**

**"S-sige po!"** Sagot ko.

Pinilit kong bumangon kahit halos dumikit na yung ulo ko sa unan ng kama. Naglakad ako papunta sa banyo at dun ko naramdaman ang bigat ng katawan ko.

Para akong pagod na pagod at magkakasakit. Napaupo ako sa kama habang hinihilot ang ulo ko.

*Kingina!*

Meron akong bigla naalala. Kagabi habang nagsasayaw ako. Parang nakita ko sya, parang nakita ko yung Hari ng mga Dimunyung Ulupong. Nakatayo sa gitna ng mga nagsasayaw at titig na titig sakin.

*Imposible!* Epekto lang siguro nung ininom ko yun. Anu namang gagawin nya dun sa Kingsground? Hindi naman sya Party Animal.

Pinilit kong makakilos ng maayos. Dumiretso ako sa banyo at naligo. Baka sakaling mahimasmasan ako at mawala ang sakit na nararamdaman ko. Matagal din akong nagbabad dahil sa bagal ng kilos ko.

Matapos maligo at mag-ayos, lumabas na ko. Si Tita Gema ang una kong nakita na nasa Sala.

**"Papasok ka na?"** Tanung nya.

*Hindi po. Pauwi po ako. Pauwi!*

**"Baka po kasi malate ako."** Palusot ko.

Nag-nod sya habang nakangiti. **"Ingat ka."**

Hindi na ko sumagot at naglakad na palabas ng bahay. Kita ko sa mga mata ni Tita ang pag-aalala sakin. Hindi ko sya masisisi, lumayo na kasi ang loob ko sa kanila matapos ang nangyari.

Umalis na din pala si Lola sa bahay. Hindi na daw sya nag-paalam sakin dahil wala pa ko nung ihatid sya nila Kuya. Nakakalungkot na umalis sya ng hindi pa kami nag-uusap tungkol sa pagsampal nya sakin.

Lagi syang may paliwanag sakin tuwing nasasaktan nya ko. Gusto ko pa ring marinig yun sa kabila ng nangyari. Ayokong magkaroon ng sama ng loob sa kanya.

Dumaan muna ko sa butika para bumili ng gamot. Masakit pa rin kasi ang ulo ko.

**"Pain killer po."** Sabi ko sa tindera. **"...yung sa ulo."**

Nag-nod sya habang nakangiti. Sandali nyang kinuha yung hiningi ko. Habang naghihitay napatingin ako dun sa magka-sintahan na patuloy sa pag-uusap habang nagbabayad ng binili.

*Tsk! Hindi rin kayo magtatagal! Niloloko ka lang nyan ate!*

Bumalik yung tindera dala yung binibili ko. **"17.50 po."**

**"Meron pa pala..."** Sabi ko.

**"Anu po yun?"**

**"Gamot sa durog na puso meron kayo?"** Seryosong tanung ko.

Halata ang pagtataka at pagkailang sa kanya. **"W-wala po."**

**"Gamot sa broken hearted?"**

**"Wala din po."**

**"Gamot sa taong malapit ng mabaliw dahil sa sakit, meron kayo?"**

Bahagya syang natawa habang umiiling.

*Tinawanan ako, gago ata!*

Naglabas ako ng pera at inabot sa kanya. Walang saysay na butika! Kaya nga butika kasi bilihan ng gamot tapos wala silang gamot na hinahanap ko. MAGSARA NA KAYO!

Matapos makuha yung binili at sukli ko. Dumiretso ako sa Mini Mart. Bumili ako ng tubig at pagkain. Hindi pa kasi ako nag-aalmusal.

Habang kumakain, may naupo sa bangkong kaharap ko. Todo smile pa ang Gago habang naka-ngiti sakin.

**"Ang tindi ng sibangot mo!"** Bati ni Percy sakin. **"...Buti nalang gwapo ako!"**

*Anung connect?!*

Ayos din sa kakapalan ng muka ang isang to. Parang habang tumatagal lalung lumalala. Dapat yata ipatingin ko na sya sa doctor baka maging baliw----ay hindi! Baliw na nga pala talaga sya.

**"Ready kana?"** Tanung nya sakin.

**"Saan?"**

**"Sabi na nga ba hindi ka nakikinig kagabi! Sabi ko sayo papasyal tayo!"** Medyo inis na sabi nya.

*Wala akong maalala na may sinabi syang ganun!*

**"S-saan naman tayo pupunta?"**

Inis syang nagkamot ng ulo. **"Amusement park!"**

Parang ayoko. Meron lang kasi akong maalala sa lugar na yun. Mas gusto kong magpunta sa ibang lugar.

**"M-may pasok ako."** Kuwaring palusot ko.

**"Kuwari ka pa, hindi ka naman nag-aaral."** Diretsong sabi nya na nagpa-inis sakin.

*Gagong to! Aga-aga, gagalitin ako!*

**"Nalaman mo?!"** Inis na tanung ko.

**"Syempre. Ako pa!"** Sagot nya at kumindat.

Malamang dahil kay David. Sira-ulong yun! Bakit pati yun kailangan nyang ireport? Kaka-asar! Feeling ko tuloy lahat ng kilos ko bantay sarado.

Inirapan ko nalang sya at pinagpatuloy ang pagkain. Pagkatapos uminom ng gamot nagpahinga muna ako sandali. Baka kasi lalung sumakit ang ulo ko dahil sa kabaliwan nitong isa.

*Mabaliw din ako kagaya nya!*

Nakapanga-lumababa ako habang nakatingin sa labas. Nakaka-bore ang mga ganitong araw. Kasi hindi naman ako pumapasok. Wag lang talaga kaming magpang-abot ni Kuya Angelo, tepok lamok ako dun.

Alam ko namang nakakarating sa kanya yung mga ginagawa ko sa school. Lalu na yung hindi pagpasok sa klase. Maswerte lang talaga ako dahil hindi ko pa sya nakaka-harap.

**"Andito na sya."** Sabi ni Percy kaya napatingin ako sa kanya.

*The who?! The who?!*

**"Sino?"**

Bago pa nya masagot ang tanong ko, tumunog ang bell sa pinto ng Mini Mart----Indikasyon na may pumasok o lumabas. Lumipat ang tingin ko don at unti-unting pumasok ang isa sa sinisisi ko sa mga nangyaring problema sakin.

*David, na may sosyaling instinct!*

**"Anung ginagawa mo dito?!"** Galit na tanung ko paglapit nya.

Napayuko sya at agad na nag-iwas ng tingin. Pero aaminin ko, nakahinga ako kaunti. Akala ko kasi si Kuya Angelo, buset kasi tong Percy na to----sinasabayan yung iniisip ko.

**"Relax... Masyado kang hot."** Sabi ni Percy at tumayo. Tinapik nya sa braso si David at tinanguan.

Naupo si David sa harap ko pero nanatiling masama ang tingin ko sa kanya.

*Damhin mo! Dabid, damhin mo!*

Kung pwedeng lang talaga magpakabit ng laser sa mata----matagal na kong meron. Kulang yung salitang galit para sabihin ang nararamdaman ko.

**"Jay-jay."** Tawag nya sakin. **"...I want to apologize----."**

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Agad akong tumayo para iwan sya pero mabilis ang kamay nyang humawak sakin para pigilan ako.

**"Please Jay... Listen to me first."** Paki-usap nya.

Ayokong makinig. Panibagong kasinungalingan lang ang sasabihin nya. Hindi na ko maniniwala!

**"Tapos ano?! Gagamitin mo yung pagkakataon para lokohin na naman ako?!"** Galit na sabi ko.

**"Wala akong dahilan para gawin yun."** Mahinahong sabi nya.

Natigilan ako. May punto sya don, wala na nga naman syang dahilan. Unless gusto nyang makuha ang kapatawaran ko.

Sinubukan kong bawiin ang braso kong hinawakan nya para pigilan nya. Kayalang hinigpitan pa nya ang hawak sakin.

**"Bitaw. Sisigaw ako."** Banta ko.

Tinignan ko yung paligid at kung tutuusin kami lang ang tao dito maliban dun sa dalawang crew ng Mini Mart kaya kung sisigaw ako----wala ring saysay!

**"Look... I'm sorry. I'm sorry if I kiss you."**

*Shutanginames!*

Para akong sinampal sa sinabi nya. Bakit kailangan nya pang-ipa-alala yun? Isa yun sa dahilan, isa yun sa dahilan ng sakit na nararamdaman ko.

Bumalik ako sa kina-uupuan ko kanina sa harap ni David. Malungkot ang mga mata nya habang nakatingin sakin.

**"I'm sorry for everything. For lying to you and for kissing you."** Panimula nya. **"...I know you won't accept it, but I'm willing to take a chance."**

May mga tanung na namumuo sa isip ko simula ng gabing yun. Kaharap ko na ang pagkakataon at gusto kong masagot yon. Kagaya nga ng sabi nya, willing syang mag-take ng chance, kaya alam kong willing din syang sagutin ang mga tanong ko.

Huminga ako ng malalim para alisin muna ang ibang gumugulo sa isip ko. Tinignan ko sya ulit direkta sa mga mata at nagtanong.

**"Bakit mo ko hinalikan?"**

++++++++++++++++++++++++++++++++

***David's POV***

*Bakit nga ba David?!*

Why did I kiss her that night? Maybe because of her eyes that keep crying. Maybe because of her lips that she keeps biting. Maybe because I take advantage of the situation.

*Maybe because I want her.*

Puno ng panunumbat ang mga tingin nya sakin ngayon. Para bang sinisisi nya ko sa nangyari ng gabing yun. Pero kung tutuusin ako talaga dapat ang sisihin.

Hindi ako makasagot. Hindi ko alam kung panu ipapaliwanag sa kanya.

**"May gusto ka ba sakin?"** Sunod na tanung nya.

*Yes, I do!*

I wanted to shout that out, but i won't because i can't. Sandali akong tumingin sa ibang direksyon bago sya muling harapin.

**"I don't."** Sagot ko habang nakatingin sa mga mata nya. **"...Wala akong gusto sayo."**

**"Eh bakit mo ko hinalikan?!"** Galit na tanung nya.

*Because I fvcking like you and I'm starting to fall for you.*

**"Kailangan kong sagarin si Keifer para lumabas ang totoo. Kissing you is what i----."**

**"Hindi ko maintindihan."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...Niloko lang ako ni Keifer, hindi nya ko mahal. Kaya panu sya nasagad sa galit dahil sa ginawa mo?!"**

*If you only knew.*

Nag-kibit balikat ako sa sinabi nya. **"But it makes him angry."**

Sandali syang tumahimik at parang nag-isip. Galit na galit si Keifer ng gabing yun. Kulang nalang patayin nya ko dahil sa ginawa ko. Ganun din ang galit nya kay Kit ng nalaman nya ang totoo. Muntik pang ma-coma dahil matagal bago nagising.

**"I'm sorry Jay. Hindi talaga kami sumali sa plano na yan because we don't know you that time. But we keep everything a secret and hide it from you."** Paliwanag ko.

I still remember the day that i came back. Matapos ang naging gulo sa pagitan ni Jay-jay at Freya, bumalik na ko sa regular class non.

***Flashback...***

**"Sino?"** I ask.

**"Si Jay-jay."** Sagot ni Drew. **"...May pustahan kami. Gusto mo sumali?"**

*That girl.*

I don't think that this is a good idea. Especially that Jay-jay helps me. I did save her from the bucket of mad and worms but I still owe her a lot.

**"I'm not interested."** Sagot ko at dumokdok para sana matulog but someone poke me. **"...what?"**

**"A-anu k-kasi..."** Nauutal na sabi ni Ci-N habang pinagtatagpo ang dalawanag hintuturo. **"...m-may tatanung s-sana ako."**

Dumiretso ako ng upo at nag-cross arm habang tinignan sya. He has this childish mannerism again.

**"Payag ka ba dun sa plan nilang saktan si Jay-jay?"** Halos pabulong nyang tanong.

Alam kong ayaw nyang marinig ng iba ang sasabihin nya. Tumayo ako at binitbit sya sa kwelyo sa batok. I'm taller that him, so it's easy for me to carry him like a puppy.

Dinala ko sya sa gilid ng room sa ilalim ng puno. Mahihirapan kaming mag-usap don kaya dito ko sya dinala.

**"A-aray naman!"** Reklamo nya. **"...Anung gagawin natin dito?"**

**"Mag-uusap."** Diretsong sagot ko. **"...Hindi ako payag sa plano nila. But i can't do anything about it."**

**"Kasi... Naaawa ako kay Jay-jay."** Sabi nya habang naka-pout.

**"Wala tayong choice. Sinapian na naman kasi ng Demonyo si Keifer kaya wala tayong kontra sa gusto nya."**

**"Anung gagawin natin?"**

Taka ko syang tinignan. **"Natin?"**

**"Oo. Agains't ka din naman sa plano diba?"** Sabi nya habang namimilog ang mga mata. **"...kaya gagawa din tayo ng plano. Tapos para tayong bodygaurd ni Jay-jay o kaya ditective....*blah blah blah.*"**

*Imagination mo ang limit!*

Hindi na ko nakapag-salita sa dami ng sinabi nya. Meron pa syang nalalaman na '*spy*' at marami daw syang spy gadgets. Napapailing nalang ako dahil sa inaasta nya.

**"Look Ci-N... Wala tayong magagawa. Pwede tayong hindi sumali sa plano pero hindi rin tayong pwede'ng magsalita. Babalikan tayo ni Keifer kapag nakialam tayo."** Paliwanag ko.

Bumagsak ang balikat nya. **"Gusto ni Keifer kuhanin ko tiwala ni Jay-jay tapos alamin ko daw ang kwento nya."** Malungkot nyang sabi.

**"Gagawin mo naman?"**

**"I don't know."**

Ci-N can't disobey Keifer. He can't even fight back. Kung ako lang kaya ko ulit na makipag-away sa kanya pero ang isang to, sa liit nya baka sipain lang sya tapos na ang laban.

Hinawakan ko sya sa ulo at bumalik na sa room. Sumunod naman sya sakin. Pagpasok sa loob nagkakagulo sila.

**"Bibigay din yan... Keifer pa!"** Mayabang na sabi ni Felix.

**"Panu kung hindi! Mukang tigasin!"** Sagot ni Denzel.

**"Basta ako 1000, bibigay din sa kama yan!"** Sigaw ni Rory.

**"2000 sakin!"** Gatong ni Edrix.

**"1500, hindi bibigay yan!"** Singit ni Drew.

**"Kagaya pa rin ng una pusta ko!"** Sabi ni Eman.

Napapailing nalang ako. Pinag-planuhan na nga, pinag-pustahan pa. Ngayon pa lang naaawa na ko kay Jay-jay. Anu nalang mangyayari sa kanya?

***EndOfFlashback...***

Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari. Kung alam ko lang na ganito kasakit para sa kanya. Kung alam ko lang.... Sana nilabanan ko si Keifer. Sana sinabi ko na ang totoo noon pa. Sana pinagtanggol ko sya sa buong Section E.

**"H-hindi ko alam."** Panimula nya at huminga ng malalim. **"...Hindi ko alam kung kaya kitang patawarin."**

Napayuko ako. *I knew it!*

**"...pero..."** I look up at her. **"...ayokong magsalita ng tapos. Siguro hindi ko pa kaya ngayon pero baka..."** Pinilit nyang ngumiti. **"...sa mga susunod na araw, linggo o buwan, mapatawad din kita."**

Those words are enough. She's still the soft-hearted girl that we knew. She's still our Jay-jay.

May kinuha ako sa bulsa at inabot sa kanya. It was an invitation from Ci-N. Tinignan nya ko sandali bago buksan yon.

**"Birthday party?"** Muli nya kong tinignan. **"...Anu to? Childrens party?"**

Bahagya akong natawa. Pambata kasi ang disenyo ng invitation ni Ci. **"No. It's Ci-N's birthday party. Feb. 14, and he wants you to be there."**

Sinabi ko kasi sa kanya na magkikita kami. Gusto nyang sumama pero pinigilan ko sya. Baka kasi hindi kami makapag-usap ng maayos dahil sa kanya.

Kita ko ang paglungkot ng mga mata ni Jay. Sigurado akong nami-miss na rin nya si Ci-N.

**"H-hindi ko alam kung makakapunta ko."** Sabi nya at tinangkang ibalik sakin ang invitation pero pinigilan ko.

**"You still have one week to think about it. Alam kong masama ang loob mo kay Ci pero hindi rin nya gusto ang planong yun."** Ngumiti ako at tumayo na. **"...I have to go. May pasok pa."**

Napaangat sya ng tingin ng marinig yung salitang '*pasok*'. Alam kong hindi pa rin sya papasok. Who can blame her? After all what happen. Baka hindi na rin ako mag-aral.

**"I know Percy will take good care of you,"** I added and left.

Pagbukas ko ng pinto ng Mini Mart, nakita ko si Percy na halatang hinihintay ako. Tinapik nya ang braso ko paghinto ko sa harap nya.

**"You did the right thing."** Sabi nya. **"...Magulo na ang sitwasyon ni Jay-jay. Ayokong pati ikaw sumali pa."**

Nag-nod ako. **"I know. Ayoko ring maki-gulo."**

**"Maybe in the future, kung okay na ang sitwasyon. Baka tulungan pa kitang manligaw sa kanya."** He added and smile.

I smile back. **"Maybe."**

Nag-nod lang sya at pumasok na ulit sa Mini Mart. Agad akong nag-lakad palapit sa kotse ko at sumakay.

I understand Percy. Kaya pala ayaw nya kong magka-gusto kay Jay-jay. Magulo ang sitwasyon nya ngayon, lalu na ng nalaman nya ang totoo tungkol sa pagkatao nya.

I pity and adore her at the same time. Nananatili syang nakatayo sa kabila ng mga problema nya. And that is the Jay-jay that we knew.

The Jay-jay that i like. Sayang lang dahil sa panget na sitwasyon ko sya nakilala. Kung sana hindi lang sya naging kapatid ni Aries. Kung sana hindi lang sya ginamit ni Keifer. Kung sana hindi lang sya minanipula ni Yuri. Kung sana hindi lang sya niloko ng mga kaklase namin. Kung sana...

*Kung sana kaya lang kita'ng ipaglaban, but i can't.*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 197

**A/N:** Sorry for the wrong spelling and grammar. Maganda lang ako pero hindi ako perpekto. *Hehehehe*

**Back Attack**

***Jay-jay's POV***

Buset talaga tong Percy na to! Mapilit-mapilit ang lintik. Ipinilit talaga nya ang lintik na amusement park na yan kahit ayoko.

**"Kuhanin ko lang kotse ko."** Paalam nya at mabilis na tumakbo paalis.

Ang liit lang kasi parking sa harap ng Mini Mart kaya madalas sa malayo sya nag-pa-park. Naiwan akong naka-tanga sa harap at palakad-lakad.

Hindi mawala sa isip ko yung sinabi ni David. Kingina kasi! Ang dating tuloy sakin may feelings nga si Keifer dahil apektado sya nung ginawa ni David.

*Panu mangyayari yun?! Wala ngang feelings sakin!*

Umaarte lang siguro yun. Bigyan ng Oscar dinaig si Leonardo de Caprio. Kahiya!

Nagkakaroon tuloy ako ng pag-asa. Aasa na naman ako sa wala. Tapos iiyak na naman ako, eh hindi naman nagiging perlas luha ko----muta! Nagiging muta!

Habang naghihintay pa rin kay Percy napatingin ako sa grupo ng kalalakihan na papasok sa Mini Mart. Mga college student, pamilyar kasi yung uniform nila. Ang iingay kasi nila at parang nakita ko na rin sila.

**"Ang sakit nga! Pagnahanap ko yung babae na yun, yari sya sakin!"** Sabi nung isang nangunguna sa kanila.

**"Tang'na Pre! Pinabagsak ka ng babae?!"** Pang-aasar nung kasama nya.

**"Sabi mo kaibigan ni Savannah. Bakit hindi mo hanapin----?"**

Hindi ko na narinig yung sunod nilang sinabi. Nakapasok na kasi sila sa Mini Mart. Yung napaisip ako bigla dun sa pangalan na Savannah. Saan ko nga narinig yun?

*Savannah Shane!*

Putik! Yung kagabi! Bakit ba parang nagiging makakalimutin na ko? Ang masama pa nito yung lalaking nagsasalita kanina, mukang sya yung sinipa ko sa dibdib.

*Lagot!*

Tinignan ko yung paligid. Nagbabakasali kung nasan na si Percy. Bakit kasi ang tagal nya? Saang lupalop na ng earth nagpunta yun? Hindi ako pwedeng magtagal dito.

Pinili kong hanapin nalang si Percy. Wala kasi akong cellphone number nya. Hanep yan!

Lalakad na sana ako ng may bigla humawak sa braso ko. Tinignan ko yun ng masama pero napalitan ng gulat ng makilala ko sya.

*Malas talaga!*

**"Tignan mo nga naman..."** Maangas na sabi ni Kuya----yung sinipa ko sa dibdib. **"...Pinag-uusapan lang namin pero eto na at kaharap ko."**

Pilit kong binawi ang kamay ko. Magaan lang ang pagkakahawak nya kaya nakabitaw din sya agad. Tumalikod na ko at akmang tatakbo pero may nakaharang na katawan.

Napaatras ako, dun ko lang napansin na nakapalibot na pala sila sakin. Lima lang sila pero nagtatangkaran. Hindi ko alam kung kaya kong lumaban, lalu na't may dinaramdam akong sakit.

*Sakit ng sawi sa pag-ibig!*

**"Nasan ang tapang mo ngayon?"** Sabi ulit nung lalaking sinipa ko.

Mukang sya ang leader ng mga ungas na to. Sya lang kasi ang mukang mas maangas kesa sa kanilang lahat.

**"Wala ako sa mood makipag-talo. Pwedeng umalis na kayo sa daraanan ko?"** Mahinahong sabi ko.

**"Kung hindi kami umalis?"** Sagot ng kaharap ko.

**"Mapipilitan akong pwersahin kayo."** Banta ko at pinatunog ang kamao ko.

Kaso walang tumunog kaya nagtawanan sila. Hindi nakisama yung buto ko. Badtrip!

Sabay-sabay nilang tinaas ang kamay nila at pinatunog ang mga kamao. Sunod-sunod ang naging tunog ng mga buto nila. Napa-lunok nalang ako.

*Hindi ako ready makipag-away!*

Sandali silang nagtawanan at nagtinginan. Kailangan kong maka-alis dito. Wala akong balak na magpa-bugbog sa kanila.

Tinignan ko sila isa-isa. Yung nakatalikod sa kalsada ang napili ko. Huminga ako ng malalim at mabilis na tinulak ng malakas yung lalaking napili ko. Pagbagsak nya, agad akong tumakbo paalis.

**"Bwisit! Habulin nyo!"** Sigaw ng isa sa kanila.

Tumakbo lang ako ng tumakbo. Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Basta dapat makalayo ako sa kanila.

*Kingina kasi!*

Nasan ang tapang ko ngayon? Naiwan ko yata sa bahay. Badtrip!

Napahawak ako sa ulo ko ng makaramdam ako ng kirot. Akala ko nawala na ng tuluyan yung sakit nung uminom ako ng gamot. Nahihirapan akong tumakbo dahil sa sakit.

Kailangan kong huminto. Lumiko ako sa isang eskenita at dun nagtago. Malalim ang bawat paghinga ko dahil sa pagod. Ang bilis ng tibok ng puso ko ang nangingibabaw sa buong katawan ko.

*Wag lang sana akong makita dito!*

**"Asan?!"** Dinig kong sigaw ng parang leader nila. **"...Hanapin nyo!"**

Kasalanan ni Percy to! Ang tagal-tagal kasi. Kukuhanin nalang yung kotse ang dami pang arte. Akala mo naman limousine ang gagamitin nyang kotse. Feeling ko tuloy karo ng patay ang kotse nya dahil sa tagal.

Hindi ko na naririnig yung mga lalaki, nakalayo na siguro sila. Sisilip pa lang sana ako pero mukang hindi na kailangan. Nakatayo na silang lima sa harap ko, mga pagod sa pagtakbo.

**"Hehe... Hi po."** Sabi ko.

Bigla nalang ako hinatak ng dalawa sa kanila. Hinawakan nila ko ng mahigpit at iniharap dun sa leader nila.

**"Pinahirapan mo pa kami! Akala mo naman makakapagtago ka samin!"** Inis na sabi nya habang pinupunasan ang pawis sa baba.

**"Problema mo?! Sino ka ba?!"** Sigaw ko sa kanya.

Alam kong sya yung sinipa ko sa dibdib. Pero hindi ko sya totaling kilala. Malay ko ba kung sino sya!

**"Matapos mo kong sipain kagabi! Ngayon mo pa talaga naisipang itanong yan!"**

*Sagutin mo nalang kaya!*

**"Eh?"**

**"Pabibo tong babae na to! Anung gagawin natin dito?!"** Sabi nung isang may hawak sakin.

Tinignan ako ng leader nila mula ulo hangang paa. Ngumiti sya at lumapit sakin.

**"Masakit yung ginawa mo kagabi."** Sabi nya sabay turo sa dibdib nya. **"...hayaang mong iparanas ko sayo ang sakit na hinding hindi mo makakalimutan."**

Malalim ang naging paghinga ko. **"Huli ka na... Naranasan ko na."** Bored kong sabi. **"...Nasaktan na ko, at hinding hindi ko makakalimutan yon."**

*Sinaktan na ko ng taong pinagkatiwalaan at minahal ko.*

Pare-pareho silang naguluhan sa sinabi ko. Nagtinginan pa sila at parang nanghihingi ng sagot sa isa't isa. Ang slow naman ng mga to!

Habang busy sila sa kakaisip ng mga pinag-sasabi ko, naramdaman ko ang pagluwag ng hawak sakin ng isa sa kanila. Agad kong hinatak ang braso ko at isang upper cat ang tumama sa panga ng may hawak sakin.

*Ippo Makonotsi!*

Mabilis kong binalingan ang isa pang may hawak sakin. Bakas sa kanya ang pagkagulat at matagal bago nya napansin ang kamao kong palapit sa muka nya.

Nabitawan nya ko at tuloy-tuloy syang bumagsak. Galit na gulat ang reaksyon ng leader nila. Ewan ko pero bigla kong nakita yung dati kong kaklase sa kanya. Para akong bumalik sa panahon na nakikipag-away ako sa Holy Saints Highschool.

**"Mali ka ng kinalaban."** Walang buhay na sabi ko.

Humakbang ako palapit sa kanila, sya namang hakbang nila paatras. Nag-iinit ang katawan ko. Para bang gusto ko pa, gusto ko pang makipag-suntukan. Hinahanap ng katawan ko yung sakit at excitement sa pakikipag-away.

*Yung takot at tapang na naghahalo sa dibdib ko.*

**"Bwisit!"** Sigaw ng leader nila at biglang sumugod sakin.

Bago pa man nya maporma ang kamao nya, malakas na sipa sa dibdib nya ang ginawa ko. Bumagsak sya kalapit ng mga kasama nya at namalipit sa sakin.

Tinignan ko yung dalawang natitira. Panay ang atras nila sa bawat hakbang ko palapit. Halong takot at galit ang pinapakita nila sakin.

*Ganyan din sila noon!*

Yung mga kaklase ko dati na kinakalaban ako. Tapos bandang huli, sila din ang talo. Hindi ako nakikipag-away sa maramihan dahil nahihirapan na ko, syempre babae pa rin ako.

Madaling bumigay, marupok at madaling mabasag. Kaya nga siguro ako nagawang paikutin ng lalaking yun.

*Tang'na! Naalala ko na naman sya.*

Mahigpit ang pagkakasara ng kamao ko. Lalung humihigpit pa dahil sa nararamdaman kong sakit----na hinahaluan ng galit.

**"Mga pisti kayo!"** Sigaw ko at sinugod silang dalawa.

Kayalang mga Gago talaga ang mga lalaki. Tinalukan nila ko pareho. TINULAK AKO! Kingina! Babae kaya ako! Hindi dapat ako tinutulak.

**"Tang'na! Bakit kayo nanunulak?! Masakit kaya!"**

**"Baliw yata tong babae na to!"** Sabi nung isa kanila.

*Muka mo baliw!*

**"Hoy!"** Sigaw ng kung sino.

Pare-pareho kaming napatingin don. Isa lang masasabi ko, ayos ang timing nya.

**"Bakit nyo tinulak kapatid ko?!"** Galit na tanung ni Percy.

**"Baka gusto mong tignan ginawa nya sa mga kasama namin?!"** Sarcastic na sabi ng isa sa kanila habang nakaturo sa mga kasama nyang bagsak.

**"Kahit na! Hindi nyo dapat tinutulak yan! Babae yan!"** Katwiran ni Percy habang naglalakad palapit.

*Oh diba?! Pareho kami ng katwiran!*

Nakatingin lang ako kay Percy ng biglang magbago ang expression nya. Mula sa parang naiinis, bigla nalang syang naging seryoso at bumaling don sa dalawa.

Ewan ko pero parang nakita ko si----*dimunyung Hari!* Yung paraan nya ng pagtingin sa mga kaaway ko at kung panu sya unti-unting lumapit.

**"Per----."** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng biglang umikot sa sa ere at sinipa sa muka yung isa sa lalaking natitirang nakatayo.

Ayokong banggitin ang pangalan nya pero.... *Keifer na Keifer ang galaw nya!*

Isa nalang ang natitira at parang naiiyak na sya. Hindi alam ang gagawin kung tatakbo ba o paglulumpasay. Kahit ako hindi nakagalaw, masyado akong namangha sa ginawa ni Percy.

Hindi ko dapat to isipin pero parang nakikita ko yung tatlo sa kanya. Minsan si Aries, minsan si Yuri at ngayon si Keifer.

*Parang Ci-N din minsan!*

Yung tatlong lalaki na nanakit sakin ng husto parang naging isa. May sariling pagkatao si Percy pero kung ganitong parang nakikita ko sila sa kanya.....dapat na ba kong lumayo?

Habang busy sya don sa nag-iisang lalaki na natira sa kanila, unti-unti akong lumakad paalis ng hindi nya napapansin. Kakaiba kasi yung pakiramdam ko. Hindi ako komportable.

Hindi naman sila pare-pareho pero ewan ko. Ewan ko talaga, mababaliw na yata ak----*argh!*

May bigla nalang humampas sa batok ko. Tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig. Nanghina ako at hindi na makatayo pa. Pilit kong tinignan kung sino gumawa non pero unti-unti ng nadidilim ang paningin ko hangang sa isang boses ang narinig ko.

**"Nice! Hawak na natin yung girlfriend nya!"**

++++++++++++++++++++++++++++++

***Percy's POV***

*Where is she?!*

Matapos kong tulungan sa mga kaaway nya, bigla nalang syang nawala. Saan naman kaya sya pupunta?

Naglakad-lakad ako sa paligid kung saan ko sya huling nakita pero wala man lang bakas o anino nya.

Dapat talaga bilan ko na sya ng bagong cellphone para pwede ko syang matawagan. Hindi ko sya pwedeng tawagan sa kasalukuyan nyang cellphone ngayon.

*Alam ko kasi may something sa cellphone nya!*

Bumalik ako sa Mini Mart pero wala din sya don. Nag-sisimula na kong kabahan. This is not so fvcking good!

**"Nasan kana?"** Bulong ko sa sarili ko.

Agad kong binalikan ang lugar kanina. Wala na dun yung mga lalaking naka-away namin. Nagtatakbo pa ko sa hindi kalayuan pero kahit don wala sya.

May nasa lubong akong tatlong bata, agad akong lumapit sa kanila. Nagbabaka-sakali na nakita nila si Jay-jay.

**"Hi, pwede ba kong magtanung sa inyo?"** Bungad ko sa kanila.

Halata ang takot sa kanila dahil sa biglaang paglapit ko.

*Sa gwapo kong to, natakot kayo?!*

**"Itatanung ko lang kung may nakita kayong babae dito kanina. Naka-uniform ng highschool."** Paliwanag ko pero hindi sila kumikibo. **"...wala?"**

Hindi pa rin sila sumagot kaya agad kong kinuha ang cellphone ko at pinakita ang picture ni Jay-jay.

**"Etong babae na to, nakita nyo ba?"** Tanung ko ulit.

Kita ko ang pagbabago ng expression nila. Nilapit pa nila ang muka nila sa cellphone ko na para bang kinikilatis ang muka ni Jay-jay.

**"Sya yun!"** Sigaw ng isa sa kanila. **"Say yung nakita natin!"**

**"S-saan nyo nakita?"**

**"Doon!"** Turo ng isa malapit sa pinang-galingan ko. **"...Tulog sya!"**

*Tulog?!*

**"Sya nga yun! Sinasakay sya sa van ng mga lalaki!"**

*What the fvck?!*

**"Salamat!"** Sabi ko at agad na nagtatakbo pabalik sa kotse ko.

Pagsakay sa loob agad kong dinial ang number ni David. Kailangan ko ng tulong. Hindi ko sya mahahanap kung ako lang.

*Sino yun? Sino yung nagsakay sa kanya sa van?*

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

*I miss her!*

Ilang araw na syang hindi pumapasok. Gustong gusto ko na syang makita pero hindi ko naman sya magawang puntahan.

Gusto ko muna syang bigyan ng space. Alam kong masakit pa rin sa kanya yung ginawa namin. Pero kung hindi sya papasok, panu yung pag-aaral nya.

Tignan ko yung dating pwesto nya na bakante pa rin. Agad namang lumipat ang tingin ko kay Keifer. Bumalik na naman sya sa dating ugali nya.

Salubong na salubong ang kilay habang naka-cross arm at nakatingin sa kawalan.

*Nakaka-awa ka Keifer! Pinapahirapan mo ng husto ang sarili mo!*

Binalik ko ang tingin ko sa harapan ng makita ko si David at Ci-N na nag-uusap. Silang dalawa na ngayon ang laging magkasama. Parang lumayo na rin sila sa buong Section E dahil sa mga ginagawa nila.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Kung sana maaga ko lang na-realize yung nararamdaman ko sa kanya. Kung sana malakas ang loob kong kalabanin si Keifer. Kung sana noon ko pa sinabi sa kanya.

*Baka hindi na humantong sa ganito.*

Pare-pareho kaming nagsisisi ngayon. Pare-pareho kaming nahihirapan. Pare-pareho kaming napatingin sa pinto.

Bigla nalang kasi pumasok si....Percy?

**"Hoy David!"** Galit na sabi nya. **"...Bakit hindi mo sinasagot tawag ko?!"**

Taka syang tinignan ni David at kinuha ang cellphone sa bulsa. **"Naka-silent, sorry."**

Humahangos ang itsura nya at halatang hindi mapakali. Para syang natataranta na hindi maintindihan.

**"What the fvck are you doing here?"** Mahinahon pero maotoridad na tanung ni Keifer.

*He finally speaks!*

Hindi sya pinansin ni Percy. Ilang beses nitong nasuklay ang sariling buhok. Bigla nalang nitong inagaw ang cellphone ni David.

**"Anung nangyayari sayo?"** Tanung ni David.

Nagpipindot si Percy sandali at idinikit sa tenga nya. Mukang meron syang tinatawagan.

**"Fvck!"** Sigaw ni Percy at pabatong binalik ang cellphone kay David.

**"Anu bang nangyayari sayo?"** Tanung ulit ni David.

**"Nawawala si Jay-jay."** Mabilis nyang sagot na nagpa-alarma saming lahat----except kay Keifer.

"*Ano?!*"

"*Baka naman may pinuntahan lang!*"

"*Oh baka umuwi sa kanila!*"

Umiling si Percy at parang hindi makapaniwala sa nangyayari. Umikot-ikot din sya.

**"Ikaw ang kasama nya! Bakit hindi mo alam kung nasan sya?!"** Galit na sabi ko.

Bigla nalang nya kong hinarap at dinuro sa muka. **"Wag mo kong sermunan!"**

**"Anu ba kasing nangyari?!"** Tanung ni Felix.

**"Bigla syang nawala... Tinapos ko lang yung away na sinimulan nya tapos biglang nawala."** Inis na paliwanag ni Percy.

*Nakikipag-away sya?! This is not good.*

Tinignan ko si Keifer na hindi pa rin nagbabago ang itsura. Para bang walang syang paki-alam sa nangyayari. Para bang wala syang paki-alam kay Jay-jay.

**"Wala ka man lang gagawin?!"** Galit na tanung ko sa kanya.

Tinignan nya ko at unti-unti syang tumayo. Bigla nalang nyang binato ang cellphone nya sakin at naglakad palabas ng room.

**"I already know where she is."** Sabi nya bago tuluyang makalabas.

Tinignan ko ang cellphone nya at isang textmessage ang bumungad sakin.

**From:** *+639*********
**Message:** *We have your precious girl. Same place in 30mins or you'll find her naked in our bed. Haha*

Napahigpit ang hawak ko sa cellphone. Panibagong message ang dumating at picture yun ni Jay-jay na walang malay.

*Bwisit! Bakit ngayon pa?!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 198

**A/N:** The long wait is over. NO EDIT!
Sorry for the wrong spelling and grammar.

Matagal pa POV ni Keifer. Sana magawa ko syang worth it. Hehehehehe...

**No care**

***Percy's POV***

**"Bilisan mo pa!"** Sigaw ni Felix sa tenga ko.

**"Teka! Eto na!"** I shout back.

Kung hindi lang kami nagmamadali ngayon baka kanina ko pa sya nasermonan. Nawawalan na sya ng respeto sakin.

*Kuya mo to, brad!*

**"Ayun si Keifer!"** Sigaw nung Calix mula sa backseat.

Natanaw ko na ang kotse nya. Napaka-bilis nyang magpatakbo na parang walang ibang sasakyan na kasabay.

**"Bilis pa, Percy!"** Felix shouts again.

*Percy?!*

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. **"Hoy! Asan yung '*Kuya*'?"**

**"Parang yung *paki* ko sayo... Nawawala."** He answered sarcastically.

Aba matinde! Gagalitin ako ng lalaking to.

**"Burn."** Dinig kong bulong nung Denzel mula din sa backseat.

*Badtrip!*

Pakiramdam ko napag-tutulungan ako. Ayoko pa naman ng ganito.

**"Tuloy mo yan... At parang allowance mo lang din yan. Mawawala!"** Sagot ko at natahimik naman sya.

**"Solid burn."** Bulong nung Calix.

Pasimple akong napangiti. Hindi sa pinapahayag kong nanalo ako. Ayoko lang talaga na nawawalan ng respeto sakin ang mga kapatid ko.

Hindi ko naman masisisi si Felix. Maraming nangyari nung nawala ako. Then one day, i'll just show up. He even think that i lied to them.

Nakita ko ang kotse ni Yuri na inuunahan ako. *Eto na naman tong palito na to!* Pinag-iinit nito ang ulo ko.

I return my gaze to Keifer's car. Sobrang layo pa rin nya samin. He suddenly turn left without making any signal. Agad na nataranta ang kasunod nyang sasakyan at napahinto. Ganun na din ang ibang sasakyan at gumawa ng traffic.

**"Bakit ngayon pa?!"** Sigaw ko.

Pati kotse ni Yuri at David napahinto na rin. Nawala sa paningin namin ang kotse ni Keifer.

*Damn, it!*

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Hulaan mo kung nasan kami?"** Pang-aasar ng isa sa kanila.

*Lintik!* Kanina pa ko pinag-ti-tripan ng isang to. Kapag natanggal ko tong tali ko at piring, sya una kong susuntukin.

Hindi ko na masyadong maalala yung nangyari. Basta naglalakad lang ako palayo kay Percy tapos nawalan na ko ng malay. Pagising ko nakatali na ang paa at kamay ko at madilim din. Base sa position ko, nakatali ako sa bangko at nakapiring.

*Sino ba kasi tong mga to?!*

**"Boring naman nito... Ayaw mo bang makipag-laro sakin?"** Parang bata na sabi nung ng-aasar sakin.

**"Tigilan mo na yan, A."** Sabi ng isang lalaki. Malaki ang boses nya kumpara dito sa nangungulit sakin.

**"Nakaka-tamad kasi."** Sagot ng lalaking tinawag na A. **"...AHA!"**

Bahagya akong nagulat sa pagkakasigaw nya. Malapit lang pala kasi sya sakin at parang halos katabi ko lang.

*Muntik na kong mabingi! Putik!*

**"Patingin ako ng gamit mo, ah?"** Paalam nya.

Hindi pa rin ako sumagot. Wala naman syang makikita sa bag ko. Kanina pa ko nakikiramdam sa paligid ko, pero dahil dito sa piring ko hindi ako mapakali.

*Ayoko ng dilim!*

**"Nag-aaral ka ba talaga? Iisa lang notebook mo! Tapos may damit at----uy! Cellphone!"**

Tao yata sa mula ang isang to. Ngayon lang nakakita ng cellphone. Goodluck kung mabuksan nya. Matibay ang password ko, men!

**"Anu password?"** Tanung sakin nung A.

Ramdam ko ang presensya nyang nasa tabi ko lang. Hindi ako kumibo at naramdaman ko ang kamay nyang humihimas sa pisngi ko. Agad kong iniwas ang muka ko pero nakasunod pa rin ang kamay nya.

**"Ang kinis mo pala..."** Sabi nya at ramdam ko ang hininga nya sa leeg ko.

*Alagang beauty soap!*

Nangilabot ang buo kong katawan kasabay ng mabilis na tibok ng puso ko. Wala sana akong balak magsalita hangang mamaya pero hindi ko rin natiis.

**"Lumayo ka!"** Sigaw ko.

**"Nagsalita na din!"** Tuwang-tuwang sabi nitong A. **"...K! Napagsalita ko sya!"**

**"Tigilan mo na yan."** Sagot nung malalim na boses na K daw. **"...Pabalik na si Z baka magalit yun."**

*Anu to? Alphabet? A, K at Z?*

Nakarinig ako ng tunog ng bumukas na pinto. Para bang kulang sa langis ang bisagra. Saksakan ng ingay at parang ang bigat.

**"Anung ginagawa mo, A?"** Sabi ng kung sino.

**"Nanantsing yan!"** Sagot ng isa pa.

Pakiramdam ko marami silang bagong dumating. Mukang hindi nga ako nagkamali. Yabag pa lang ng paa parang ang dami na nila. Idagdag pa yung pagku-kwentuhan ng iba.

**"Tinatanung ko lang password ng cellphone nya."** Sagot nung A.

*Oo! Tapos may kasamang himas! Gago ka!*

**"Ibalik mo na yan."** Utos ng isang lalaki.

Hindi na nagsalita yung A kaya baka binalik na nya yung cellphone ko. Nagkaka-ingay yung iba sa pagku-kwentuhan.

Nakaramdam na naman ako ng presensya ng tao na malapit sakin. Naging alerto ako dahil baka hawakan din nya ko kagaya nung ginawa nung A.

**"Z! Tatanggalin ko na ba yung pireng?"** Sabi ng isang lalaki na sa palagay ko ay yung lumapit sakin.

**"Wag."** Mabilis na sagot nung Z.

**"Z! Kapag hindi dumating si Keifer pwedeng ako mauna sa kanya!"** Biglang sabi nung A.

Agad na nanginig ang katawan ko sa takot. Alam ko ibig nilang sabihin. Katapusan ko na!

Bakit ba ako na naman ang nadamay sa gulo nung Keifer na yon? Wala na bang katapusan to? Maling tao naman yung kinuha nila. Wala namang paki-alam sakin si Keifer kaya malamang sa hindi.....*goodbye v-card!*

*Kailangan kong maka-alis dito!*

**"A-anu bang k-kailangan n-nyo sakin?"** Halos pabulong kong tanung.

May narinig akong yabag na palapit sakin. Panibagong tao ang naramdaman kong nakatayo sa harap ko.

**"Yung boyfriend mo."** Sagot ng tao sa harapan ko na sa tingin ko ay yung Z. **"...Hindi pa ko nakaka-ganti sa kanya."**

**"Hindi ko sya boyfriend."** Mabilis kong sagot.

Narinig ko ang bahagyang pagtawa ng ilan sa kanila. Akala yata nagjo-joke ako! Syempre mahihina ulo ng mga to kaya hindi sila maniniwala.

**"We're not stupid----."**

**"You're stupid!"** Putol ko sa sasabihin nung Z.

**"Anong sabi mo?!"** Galit na tanung nya.

**"You're stupid!"** Pag-uulit ko.

Bigla nalang may humablot sa buhok ko. Napatingala ako dahil sa pagkakahatak ng kung sino. Masakit sa anet kaya hindi ko maipalag ang ulo ko.

**"Wag mo kong sagarin, babae! Kung nakakatakot ang boyfriend mo, mas nakakatakot ako."** Sabi nung Z sa mismong muka ko.

Ramdam ko ang mainit nyang hininga. Makawala lang talaga ako dito hindi ako magdadalawang isip na lumaban sa kanila. Kung wala lang ako sa sarili ko kanina baka nakalaban pa ko sa mga nagdala sakin dito.

*Baka nasa amusement park na ko ngayon!*

**"Kung tanga si Keifer, mas tanga ka."** Sagot ko. **"...Hindi ka maka-intindi. Hindi ko nga sya boyfriend."**

Binitawan nila ang buhok ko at malakas na tumawa si Z. Para bang tuwang-tuwa sya sa sinabi ko.

**"Wag mong sabihin na hiwalay na kayo?"** Tanung nya habang natatawa pa rin.

**"Hindi."** Halos pabulong kong sagot. **"...hindi naman naging kami."**

Tumawa na naman yung Z. Mas malakas kesa sa tawa nya kanina. Pati mga kasama nya nakikitawa na rin.

*Tuwang-tuwa oh! Ligayang-ligaya!*

**"Babae..."** Tawag sakin ng kung sino. **"...Kalat na sa lahat ng grupo dito na ikaw ang girlfriend ni Keifer. Kaya bakit kami maniniwala sayo."**

*Ay shungaers ang bugok!*

Kung pwede ko lang sampalin ang muka ko ngayon, ginawa ko na. Kung makikita lang nila ang mata ko, kanina pa sila nasaksak ng talim ng irap ko.

Ayoko na sanang balikan. Ayoko na sanang ulit-ulitin. Ayoko sanang banggitin. Kayalang----*haizt! Kaylangan eh!*

**"Hindi naging kami..."** Huminga ako ng malalim. **"...Kasi ginamit lang nya ko."**

Tumigil sila sa pagtawa. Ramdam ko ang pagtingin nilang lahat sakin. Mukang kailangan ko pang mag-kwento para lang maintindihan nila.

*I'm ready! I'm ready! I'm ready!*

**"Ginamit lang nya ko para makaganti sa kapatid ko."** Parang bumalik na naman yung bigat sa dibdib ko. **"...Wala eh! Ako si tanga, nahulog naman sa bitag nya."**

**"Ouch."** Kumento ng kung sino.

**"Anung ginawa sayo ni Keifer?"** Tanung nung A.

Napailing ako kasabay ng pag-yuko. Ayokong umiyak, kakasabi ko lang na hindi ko na sya iiyakan. Pinilit kong pigilin ang mga luha ko sa paghinga ng malalim.

*Balik, luha! Balik!*

**"Edi pina-ibig ako! Dakilang pa-fall ang putik tapos nung na-fall ako sasabihin----*jok-jok-lang!*"** Inis na sabi ko. **"...buti nalang hindi nabiyak ang buko. Muntik ng bumagsak ang bataan."**

**"Gago pala talaga! Pa-asa ang bwisit!"** Sabi ng isa sa kanila.

Dinig ko ang malalim na pagbuntong hininga ng ilan sa kanila. Meron pa kong narinig na nagmura. Kanya-kanya ng komento sa ginawa ng Hari ng mga Dimunyung Ulu----.

**"Nice story."**

Bigla nalang akong natigilan. Kilala ko ang boses ng nag-salita na yon. *Kilalang-kilala!* Narinig nya yung pagku-kwento ko. Ang galing! Hindi ko alam kung matutuwa ba ko o maiinis.

*Mag-paparty nalang ako!*

Bigla nalang nagka-ingay na para bang nagsilayo sila o naglapitan sa nagsalita. May narinig din akong nalaglag na ilang bagay.

**"Anak nang..."** Dinig kong bulong ni Z.

**"That was a heart warming story. Yun nga lang may kulang."** Sabi ni Keifer at bigla nalang ako nakarinig ng lagabag.

Sunod-sunod ang sigawan at malakas na kalabog. Dahil sa piring ko, wala man lang akong makita. Baka may tumama sakin o kaya naman ako yung masaktan. Alam kong nagsusuntukan na sila.

"*Gago ka!*"

"*Eto sayo!*"

"*A!*"

"*B!*"

"*C----Z pala!*"

Matapos ang kaunting ingay at kaguluhan, tumahimik ang paligid na para bang may dumaan na anghel. Nakiramdam ako at sa naririnig ko meron pa ring tao dahil sa malalim nilang paghinga.

**"Gago ka!"** Sigaw nung Z.

**"Hindi ka marunong madala."** Sabi ni Keifer. **"...Pinabagsak na kita noon, eto ka na naman."**

**"Eh anu ngayon?!"**

**"Dinamay mo pa yan!"**

*Yan* nalang ang tawag sakin. Nakaramdam ako ng pamumuo ng hangin sa lalamunan ko. Umpisa na naman, maiiyak na naman ako. Buti sana kung nabebenta yung muta kagaya ng perlas.

**"Daldal mo!"** Sigaw ng kung sino.

*Anung nangyayari?!*

Tanging pag-galaw lang nila na naririnig ko ang basehan ko sa nangyayari. Wala pa rin akong ka-alam-alam sa kung anung ginagawa nila. Pinipilit kong hatakin ang kamay ko mula sa pagkakatali simula pa kanina pero wala pa ring nangyayari. Mahapdi na ang pupulsuhan ko sa kakahatak.

**"Ngayon na A!"** Sigaw nung Z.

Nakarinig ako ng ilang balabag. Hindi ko alam na higit pa sa dalawa ang nakatayo. Biglang tumahimik ulit, kagaya kanina. Pinakiramdaman ko ang paligid pero parang wala ng ibang tao. Hanggang sa nakarinig ako ng yabag ng paa na parang papalapit sakin.

**"S-sino yan?"** Tanung ko. **"...A-anung n-nangyayari? Asan si K-keifer?"**

Hindi sya sumasagot. Patuloy sya sa paghakbang palapit sakin. Bakit pakiramdam ko may nangyaring masama kay Keifer? Baka napabagsak na sya! Pero sino tong palapit sakin.

*Wag naman sana!*

**"S-sino ka ba?"** Natatakot kong tanung. **"...I-ikaw ba y-yan Keifer? Magsalita ka naman."**

Naiiyak na ko. Ayaw kasi talaga sumagot ng palapit sakin. Baka nga hindi talaga sya si Keifer. Pero sino to? *Kingina!* Manu magsalita.

Huminto ang yabag sa harapan ko. Malalim ang paghinga nya na parang pagod na pagod.

*Kung sino ka man... Umayos ka!*

Ramdam ko ang pagtitig nya sakin. Halos ugain ko na ang bangkuan ko para lang maka-alis sa pagkakatali. Mahigpit ang paghinga ko at muka akong tanga sa paghihintay ng gagawin nya.

Nangilabot ako ng tuluyan ng maramdaman ko ang palad nyang humahaplos sa pisngi ko. *Shit! Sino ka ba?!* Pinilit kong iiwas ang muka ko pero kagaya kanina nakasunod na naman ang kamay nya.

*Yung A ba to?!*

**"Putik! Lumayo ka! Wag mo kong hahawakan!"** Sigaw ko at pilit nilalayo ang muka ko.

Panu kung yung A nga to?! Tang'na! Baka bagsak na si Keifer. Kung totoo yun, matutuloy yung balak nya sakin. Hindi! Nagsisimula ng mamuo ang luha ko dahil sa takot.

**"Keifer!"** Tawag ko sa kanya. **"...tulungan mo ko!"**

Wala talaga akong balak maghingi ng tulong sa kanya. Eh anung magagawa ko?! Sya yung andito!

Mas lalo akong nangilabot ng maramdaman ko yung mainit nyang hininga sa leeg ko. Mas lalu pa kong nagwala sa kinauupuan ko. Hindi to pwede! Kung anu mang balak nya, hindi pwede.

Nagwawala na ang sistema ko, halo-halo na ang nararamdaman ko. Naiiyak na ko sa sobrang inis. Wala man lang akong magawa dahil sa mga tali sa kamay at paa ko.

Pero ang tuluyang nagpahinto ng tibok ng puso ko kasabay ng paghiwalay ng kaluluwa sa katawan ko ay ang sunod nyang ginagawa.

*H-h-hinalikan nya ko.*

Kakaiba yung epekto sakin. Ang lakas ng tama sa sistema ko. Hindi ako maka-palag, ni hindi ko magawang iiwas ang ulo ko. Bakit ganito?!

*Pamilyar sakin!*

Sobrang pamilyar sakin ng nararamdaman ko. Kahit yung mga labing nakadikit sakin, pamilyar din. Hindi ko alam kung bakit ganito.

Parang si Kei----HINDI! Hindi sya si Keifer! Hindi nya gagawin to. Wala syang dahilan para halikan ako.

Gustong gusto kong paniwalaan na sya nga to. Gustong gusto kong hilingin na sana nga sya to. Pero alam kong imposible. Alam kong hindi sya, dahil hinding-hindi na nya ko hahalikan.

**"Wag... Please."** Paki-usap ko paghiwalay ng labi nya. **"...maawa ka sakin."**

Wala akong narinig mula sa kanya. Katahimikan ang bumalot saming dalawa. Mas lalu akong nangamba dahil wala man lang akong mabakas sa balak nya.

Natatakot ako sa katahimikang naririnig ko. Mas nakakatakot kesa kanina na maraming tao. Nakakabaliw ang ganito!

Hangang isang malakas na lagabag ang narinig ko.

**"JAY-JAY!"** Sigaw ng kung sino.

Nakahinga ako ng maluwag. Pamilyar sakin ang tinig na yon. Kilala ko yun at alam kong maaasahan ko.

**"P-percy."** Tawag ko at may nagtanggal ng piring sa mata ko.

Sandaling nag-adjust ang paningin ko sa sobrang liwanag. Bumungad sakin ang buong Section E. Si Ci-N na nag-aalala at si David na nasa tabi nya. Sila Felix, Rory at Edrix na tinitignan ang mga bagsak na katawan. Si Denzel, Mayo at Drew na binubuksan pa ang mga saradong pinto para masiguro na walang tao. Si Eman, Blaster at Kit na tinutulungan akong kalagan ang tali.

Pero napahinto ang tingin ko kila Yuri at Josh. Nakatayo sila sa harap ni Eren at....Keifer. Bagsak sya at pilit tinatayo nila Eren. May lumalabas din na dugo mula sa tagiliran nya.

*A-anung nangyari?!*

Pagka-alis ng tali, tinulungan ako ni Percy tumayo. Gusto kong lumapit kay Keifer at tignan sya. Pero inunahan ako ng malamig nyang tingin sakin.

**"Kaunting tiis... Dadalin ka namin sa ospital."** Sabi ni Yuri bago ako tignan mula ulo hangang paa.

Tinignan nya siguro kung okay ako. Dahil ng walang makitang problema, nagpa-una na syang lumabas.

**"Okay ka lang, Jay?"** Tanung sakin ni Ci.

Tipid na tango ang tanging naisagot ko. Nanatili ang tingin ko sa kanila hangang sa makalabas sila ng pinto. At doon naging malinaw sakin na hindi sya ang humalik sakin.

Dahil sa pwesto nya na may kalayuan sakin at sa sugat na natamo nya. Mahirap magpabalik-balik mula sakin papunta sa kinalalagyan nya.

*Hindi nga sya yun!*

**"Umalis na tayo na dito."** Sabi ni Percy at inalalayan akong lumakad.

Walang masakit sakin. Hindi naman ako sinaktan ng mga yon pero para akong lumpo na hindi maka-kilos dahil sa mga naiisip ko.

Pagdating sa labas, sinakay nila si Keifer sa kotse. Agad namang sumama yung iba. Pag-alis ng sinasakyan nila, para akong nagising sa isang panaginip. Sumampal sakin ang katotohanan sa mga nangyari.

Kasalanan ni Keifer kung bakit ako napunta dito. Kung hindi dahil sa mga naka-away nya na ako ang binabalikan, hindi mangyayari to! Pang-ilan na to?! Lagi nalang ba?!

**"Umalis na tayo dito."** Bulong ko kay Percy.

Nag-nod nama sya at inalalayan akong sumakay ng kotse. Kita ko kung panung bumagsak ang balikat ni Ci-N habang nakatingin sakin. Umiwas ako agad ng tingin.

Nagpapasalamat ako sa pagpunta nila. Pero masakit pa rin sakin lahat ng nangyari. Pakiramdam ko naging laruan ako sa kanila. Sa lahat ng nangyaring problema pinagdaanan namin. Lahat yon, wala lang pala sa kanila.

**"Ihahatid na ba kita sa inyo?"** Tanung ni Percy habang pinapa-andar ang kotse. **"...para makapag-pahinga ka."**

**"M-masyado pang maaga."** Huminga ako ng malalim. **"...Mamaya nalang siguro."**

Hindi na sya sumagot at nagpatuloy nalang sa pagmamaneho. Kahit hindi sya magsalita alam kong ramdam nya ang nararamdaman ko.

*Nakakapagod kasi...*

Nakakapagod madamay sa gulo nila. Nakakapagod ang ganitong....umaasa ako. Kahit hindi ko kilala ang mga kumuha sakin, may pakiramdam akong darating ang mga Ulupong na to para tulungan ako.

Dumating nga sila pero bakit parang napilitan lang sila. Sa paraan ng pagtingin sakin ni Keifer at Yuri pakiramdam ko hindi talaga nila gustong puntahan ako. Dahil ba nakonsensya lang sila?

**"Wag ka iiyak."**

Napatingin ako kay Percy ng sabihin nya yun. Sa daan sya nakatingin pero parang nasa akin ang atensyon nya.

**"Sabi mo hindi mo na sya iiyakan."**

Napayuko ako ng sabihin nya yon. Kakasabi ko lang non! Dapat hindi ko na sya iiyakan pa. Kahit anung mangyari sa kanya, sa kanila! Hindi na ko maglalabas ng luha.

Sa susunod na maipit ulit ako sa away nila, hindi ko na hihilingin na dumating sila para tulungan ako. Ako na mismo ang gagawa ng paraan. Para saan pa't kinilala akong basagulera sa dati kong school.

*Hindi na ko aasa sa inyo, hindi na ko aasa sayo.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 199

**A/N:** NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

LIKE OUR OFFICIAL FB PAGE!!!!
Ang Mutya ng Section E fb Page!

ANG MUTYA NG SECTION E
EATMORE2BEHAPPY
AMNSE Official Fan Page
www.facebook.com/Ang Mutya Ng Section E
www.facebook.com/Tropa Ni Eatmore2behappy
www.wattpad.com/eatmore2behappy

**Game of Pain**

***Jay-jay's POV***

**"Lapit na!"** Sigaw ko.

*Tignan ko ngayon tapang nyo!*

Bwisit tong mga lalaki na to! Umaga'ng-umaga gagalitin ako. Basta-basta nalang nila kong hinarang habang naglalakad papunta sa Mini Mart.

Kasalanan to ni Percy! Kung dun nalang nya ko sinundo sa harap ng bahay, hindi sana ganito. Hindi ko sana masasalubong tong mga panget na to.

*Kakairita yung mga pagmumuka!*

**"Tang'na! Walang nagsabi na marunong lumaban ang babae na to!"** Sabi nung isa.

**"Malay ko ba!"**

**"Panu na yan? Panu natin sya makukuha?"**

*Makukuha?! Na naman?!*

**"Anung makukuha?!"** Iritable kong tanung.

Napatingin ako sa binti ko ng may maramdaman akong kamay na humawak. Isa dun sa mga lalaking napabagsak ko kanina. Agad ko syang sinipa sa muka para bumitaw.

*Knock out!*

**"Kukuhanin nyo ko?! Bakit?! Para magamit kay Keifer?!"** Inis na tanung ko.

Walang sumagot. Nagtinginan lang sila na para bang naghihintay kung sinong magsasalita.

**"Ano?! Walang magsasalita sa inyo?!"** Galit na tanung ko at tinapakan yung muka ng isa sa kasama nila.

*Muka kasi syang basahan!*

**"Oo na! Gagamitin ka nga namin para makaganti kay Keifer! Ikaw ang girlfriend----."** Agad kong pinutol ang sasabihin nya.

**"Hindi ako! Hindi nga naging kami eh!"**

Taka nila kong tinignan. Alam ko namang hindi sila naniniwala dahil mga bugok sila. Lahat naman yata ng naabutan ng tsismis na yon hindi maniniwala sakin.

*Bwisit kasi! Eto na naman kami...*

Bakit ba kasi ako ang binabalikan ng mga kaaway nya? *La Punyeta!* Malakas ang kutob kong hindi ito ang huling kaaway nya na gagamitin ako. Malamang nga pati yung mga naka-motor dati kaaway din nya.

Bwisit ka talang Hari ng mga dimunyung Ulupong! Isinusumpa kita! Magsasara butas ng pwet mo!

*Ako si Barakuda! Hhhaaaaahhhh!!*

**"Hoy! Miss! Hindi kami tanga!"** Sigaw ng isa sa kanila. **"...Hindi mo kami maloloko!"**

**"Hoy! Mister! Tanga ka!"** Pang-gagaya ko sa sinasabi nya. **"...at hindi ko kayo niloloko!"**

Kita ko ang pagpipigil ng galit ng ilan sa kanila. Hindi lang sila maka-sugod dahil alam naman nila ang kahihinatnan nila. Apat na sa mga kasama nila ang napabagsak ko.

Masakit na ang kamao ko at nanginginig na ang kamay ko pero pilit kong tinatago yon sa mga hudlong na to. Apat nalang silang natitira pero hindi ko alam kung kakayanin ko pa.

*Kailangang kayanin!*

Bigla nalang sumugod ang isa sa kanila. Nabigla ako kaya hindi agad ako naka-porma pero naiwasan ko sya. Isang malakas na suntok sa sikmura ang ginanti ko sa kanya.

Napaluhod sya sa sakit kasabay ng pag-ubo na para bang lalabas na ang bituka nya. Tatlo nalang sila at pakiramdam ko naman makakayanan ko pa sila.

*Asan ba kasi si Percy?!*

Hindi man lang ata nag-aalala ang luko dahil wala pa rin ako sa meeting place namin. Samantalang nung kahapon hinanap nya ko. Nagpunta pa syang school.

Tinignan ko ng masama ang mga hudlong. Ganu na ba ko katagal na hindi nakikipag-away?! Para bang pagod na pagod na ko kahit pa-isa-isa lang naman ang sugod.

Bwisit! Nasanay kasi ako ng pinag-tatanggol nila ko. Nasanay ako na kapag may nanakit sakin, sila ang gaganti. Ngayon tuloy ako yung nahihirapan.

Dapat sanayin ko na yung sarili ko na ako nalang ulit. Parang sa dati kong school na ako lang yung lumalaban. Dahil hindi na sila darating. Hindi na ko hihingi ng tulong sa kanila.

Bigla nalang pumorma yung isa. Akala ko susugod sya pero hindi pala. Hindi ako nakagalaw ng may braso pumalupot sa leeg ko. Mahigpit ang hawak nya at halos masakal ko.

**"Hawak ko na! Hawak ko na!"** Sigaw ng may hawak sakin.

Lalapit na sa akin yung iba. Masusukol ako at magagawa nila ang gusto nila kaya kailangan kong kumilos agad.

Kahit halos hindi na ko makahinga pinilit kong lumaban. Siniko ko ang tagiliran nya. Parang hindi sya naapektuhan nung una pero mas nilakasan ko pa ang paniniko. Sa huling pagsiko ko sa tagiliran nya, malakas na inda ang pinakawalan nya.

Lumuwag ang pagkakahawak nya kaya kinuha ko ang pagkakataon at kumawala. Sinundan ko din agad ng suntok sa muka nya kaya bumagsak sya.

Wala na kong sinayang na oras. Sobrang bilis ng pangyayari, para bang hindi ko na kontrol ang katawan ko. Sumugod ako sa mga natitirang nakatayo at maka-ilang ulit kaming nagpalitan ng suntok.

**"Aagghhh!!"** Sigaw ko kasabay ng huling suntok na binigay ko.

Bagsak na silang lahat. Habang nakatingin sa kanila, pakiramdam ko babagsak na rin ang katawan ko. Pagod na pagod ako at parang mauubusan ng hininga.

Napasandal ako sa pader para kumuha ng suporta.

**"Nice..."**

*Nice mo muka mo!*

Tinignan ko ng masama yung nagsalita na yon. Sino pa nga ba? Edi yung stepbrother kong pulpol.

**"Bwisit ka! Kanina kapa dyan?!"** Inis na sabi ko.

**"Medyo, medyo."** Sagot nya nilapitan ako.

**"Muka mo medyo, medyo!"**

**"Medyo gwapo at medyo saksakan ng gwapo?"** Tanong nya habang kuwaring namamangha.

*Ay ang kapal!*

**"Medyo gago! At medyo tarantando!"** Sigaw ko bago umalis sa harapan nya.

Pagtawa lang naman nya ang narinig kong naging sagot nya. Ang lakas ng tama nya sa utak. Malala na siguro ang pagiging baliw nya.

Mabagal ang pag-galaw ko dahil sa sakit ng katawan ko. Sa totoo lang parang hinahanap nga ng katawan ko ang ganito.

**"Para kang hindi babae..."** Sabi ni Percy na nasa bandang likuran ko. **"...wagas makipag-away."**

Napa-irap ako sa sinabi nya. Nakakahiya naman kasi sa kanya. Kalalaki nyang tao hindi nya ko tulungan. Parang back up ko man lang incase na hindi ko na kayaning makipag-away.

*Kaso nanood lang sya sa halip na tulungan ako.*

**"Ang bait mong stepbrother... Alam mo yun?"** Sarkastik na sabi ko.

**"Oo naman. Ako pa!"** Pagyayabang nya.

Makasira talaga ng mood ang isang to. Ang sarap talaga nyang iuntog sa pader. Kapag kaya ginawa ko yon, mawawala ang pagiging baliw nya?

**"Saan tayo nyan?"** Tanung nya.

Huminto ako sa paglalakad at tinignan sya. Wala talaga akong alam na pupuntahan. Sa Mini Mart sana kayalang nakakahiya sa crew, baka isipin ginagawa naming tambayan yung lugar nila.

**"Punta nalang tayo sa Kingsground."** Aya ko.

Bigla nalang syang sumibangot. **"Tumigil! Yan ka na naman..."**

**"Eh saan tayo pupunta?"**

**"Sa Amusement Park!"** Buong galak nyang sagot.

**"Muka kang Amusement Park!"** Inis na sabi ko at nagpa-una ng maglakad.

Akala ko hihirit pa sya, kaya kahit na-uuna akong maglakad pinapakiramdaman ko pa rin sya. Nang mapansin kong parang wala na kong kasama, lumingon ako sa likod.

Nakahinto si Percy at nakatingin sa kabilang daan. Tinignan ko din yon at bumungad sakin ang hindi ko inaasahan. Si Freya na nakatingin din samin at si Ella.

*Anung ginagawa nila dito?!*

Handa na sana akong makipag-palitan ng masamang tingin sa kanila pero kusang umiwas si Freya at naglakad paalis.

**"Freya!"** Sigaw ni Percy at tumawid ng daan. **"...Sandali!"**

Wala akong nagawa kundi sundan sya. Naabutan nya si Freya pero halatang hindi to natutuwa na makita sya.

**"Mag-usap muna tayo... Please."** Paki-usap nya.

**"Nag-usap na tayo, diba? Anu pa bang gusto mo?"** Walang buhay na sagot ni Freya.

**"Pina-alis mo ko nung nakaraan eh."**

**"Dahil wala ng dapat pag-usapan!"**

**"Freya..."**

**"Please... Percy. Tama na!"**

**"Sige na... Huli na to. Hindi na ko ulit lalapit sayo. Mag-usap lang tayo ng maayos."** Paki-usap ni Percy at kita ko ang pamumuo ng luha nya.

Malalim ang naging paghinga ni Freya at napapailing pa.

**"Huli na to. Wala ng kasunod pagkatapos nito."** Inis na sabi nya.

Napatingin ako kay Ella ng mapansin kong nakatingin din sya sakin. Wala syang reaksyon. Para bang binabasa lang nya ang iniisip ko base sa galaw ko.

Kusa din naman syang umiwas at naglakad kasunod nila Freya at Percy. Hindi ko alam kung saan sila pupunta pero sumunod na din ako.

Hindi ko alam na nag-uusap na pala ulit si Freya at Percy. Wala naman kasi syang binanggit sakin pero sa itsura nya ngayon mukang hindi naging maganda ang huling pag-uusap nila.

Malungkot ang mga mata ni Percy samantalang si Freya puno pa rin ng kamalditahan. Pakiramdam ko tuloy may feelings pa rin si Percy sa kanya samantalang si Freya, galit lang ang nararamdaman.

*Kapareho siguro ng naramdaman ni Felix nung magkita sila.*

Nakarating kami sa isang park. Naupo si Percy at Freya sa isang bench, samantalang kami ni Ella nakatayo sa hindi kalayuan. Hindi namin naririnig ang pinag-uusapan nila.

**"Balita ko, hindi ka daw pumapasok."** Sabi ni Ella dahilan para mapatingin ako sa kanya.

**"Anu naman sayo?"** Bored kong sagot.

Wala akong problema sa kanya. Sadyang lumalabas lang talaga ang kamalditahan ko ngayon. Lalu na kapag kaharap sya. Parang kelan lang nung sinabi nya yung totoo.

*Nung sinabi nya na si Yuri talaga ang mahal nya!*

Laking gulo ng nangyari na yun. Tapos nasalin sakin, umabot pa tuloy sa puntong ginamit ako para lang magantihan nung Hari. Galit na galit sya masyado kay Aries.

**"I'm trying to be nice here."** Mataray na sabi nya.

**"Try harder."** Sagot ko.

Inirapan nya ko sa sobrang inis. Halatang napipikon na sya. Hinihintay ko nalang na sugurin nya ko para sulit ang pang-iinis ko sa kanya.

*Ella! Pikon! Pikon!*

Binalik ko yung tingin kila Freya, nakatalikod sila samin. Napilitan akong maghanap ng bakanteng bench at maupo. Ang hindi ko lang maintindihan, ay ang pagsundo sakin ni Ella at pag-upo din sa tabi ko.

**"Sino may sabi sayong tumabi ka sakin?"** Iritable kong tanong.

**"Wala... Bakit kailangan ba may magsabi pa?"** Mataray nyang sagot.

*Sasapakin ko na to!*

**"Wag ka nga dito! Ayaw kita katabi."** Pagtataboy ko sa kanya.

**"Mas ayaw kitang katabi. Ikaw ang umalis."**

*Anak ng tinapa!* Gagalitin ako ng isang to. Gusto yatang masaktan ng di'oras.

**"Nauna ako dito, kaya ikaw ang umalis!"** Inis na sabi ko at bahagya syang tinulak.

**"Ikaw ang umalis!"** Sabi nya sabay tulak ng malakas.

Muntik pa kong masubsob sa lupa buti nalang at naka-tindig ako agad. Tinignan ko sya ng masama at sinabayan naman nya yun.

**"Tang----!"**

**"Sige! Magmura ka!"** Banta nya habang dinuduro ako.

**"TANG inumin mo wag MILO!"** Sagot ko at inikom agad ang bibig ko.

Hindi ako natatakot sa kanya! Nag-iingat lang! Baka kung anu gawin nya sakin. Bwisit kasi!

Inirapan nya ko at umayos ng upo. Naglabas sya ng libro at nagbasa. Mainam naman yan para wag na nya kong pansinin.

Bakit ba kasi andito tong impakta na to? Magkasama sila ni Freya at parehong naka-uniform. Hindi sila pumasok. Tsk! Napaka-bait na istudyante.

*Parang ako lang!*

Nakaka-inip talaga ang paghihintay. Napilitan akong kuhanin ang cellphone ko sa bag. 68 messages at 32 missed call ang bumungad sakin. Simula nung araw na nalaman ko ang totoo, ganito na lagi ang inbox at missed call ko. Minsan higit pa o kaya naman ay mas marami ang missed call kesa sa messages.

Binuksan ko ang inbox at message ni Ci-N ang una kong binasa.

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Nami-miss na kita... 😢😢 Nami-miss ko na yung Pakner ko!*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Inaawy nila ko... Wla akng tagpag-tanggol.*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Jay-jay! Psok kna! Jo-jowain dw ako ni Rakki kpg hnd ka pumsok! Hnd p ko ready... Virgin p ko!*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *eEoWw ppFfoOowWwsss!*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *My chocolate ako! Bbigyan kita kung ppsok kna.*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Si Percy nba ang bgo mong Mahal? Hnd na kami?*

**From:** *Ci-N*
**Message:** *Jay...*

Napatigil ako sa pagbabasa ng mapansin kong may patak ng tubig sa screen ng cellphone ko. Dun ko lang napansin na galing pala sakin yun. Napaluha ako ng hindi ko namamalayan.

Eto na siguro yung isa sa kailangan kong isakripisyo. Para lang matapos na yung sakit na ginawa nila. Kailangan ko silang tiisin.

**"Kung nahihirapan ka ng ganyan. Bakit hindi mo sila kausapin?"** Sabi ni Ella habang nakatingin pa rin sa libro nya. **"...Hindi yung iiyak ka dyan kapag nabasa mo text nila."**

Napasibangot ako sa sinabi nya. Tsismosa tong lokaret na to. Panu naman nya nasabi na sila nga ang nagt-text sakin.

**"Wag mo nga akong paki-alaman!"** Inis na sabi ko at hinarap ulit ang cellphone ko.

Sa pagkakataon na to, message naman ni Yuri ang binuksan ko. Sya kasi ang may pinaka-maraming text sa kanilang lahat.

**From:** *Yuri*
**Message:** *let's talk... Please.*

**From:** *Yuri*
**Message:** *Jay-jay... I need to talk to you.*

**From:** *Yuri*
**Message:** *I miss you.*

**From:** *Yuri*
**Message:** *Aishiteru*

Hindi ko na tinapos ang pagbabasa. Bigla nalang kasing sinara ni Ella ang libro nya ng padabog. Taka ko syang tinignan pero nakatingin lang sya sa kawalan.

**"Sabihin mo..."** Sabi nya ng hindi tumitingin sakin. **"...May pag-asa ba si Yuri sayo?"**

*May pag-asa?*

Tumingin ako sa ibang direksyon. Hindi na pumasok sa isip ko ang tanung na yan. Lalu nung inamin ko sa sarili ko na ang mahal ko talaga ay yung Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

**"H-hindi ko alam."** Halos pabulong kong sabi.

**"Alam ko yung nangyari... Nakarating sakin yung ginawa nila sayo."**

Hindi pa rin ako tumitingin sa kanya. Masyadong sariwa ang lahat para pag-usapan ngayon. Apektado pa rin ako kahit itanggi ko. Masakit pa rin sakin.

**"...Hindi sa kinakampihan ko sila. Pero sana pakinggan mo din yung paliwanag nila. Lalu na si Yuri..."** Parang nagmamaka-awa ang boses nya. **"...Naniniwala akong hindi nya kayang gawin yun."**

*Gusto ko ding maniwala!*

Gusto'ng-gusto ko pero pano? Pano kung napatunayan na nila sakin na kaya nga nyang gawin. Ayoko ng pag-usapan pa. Tumayo na ko para sana ayain na si Percy pero agad na humarang si Ella.

**"Makinig ka muna."** Mahinahon pero madiin nyang sabi.

**"Bakit mo ba ginagawa to? Hindi naman tayo magkaibigan para maging concern ka sakin ng ganyan!"**

**"Hindi ako concern sayo. Concern ako sa kanila. Nakikita ko sila... They are not the same Section E that i knew."** Sabi nya nagpatigil sakin. **"...Althought nag-iba naman talaga sila buhat ng dumating ka."**

**"Anu bang gusto mong sabihin?"** Mahinahon kong tanong.

**"Aaminin ko sayo, naiinggit ako sayo. Maybe until now I still do..."** Tumingin sya sandali kila Percy at muli akong hinarap. **"...Totoong mga basagulero ang Section E na kilala ko. Kahit sila sa loob ng room nag-aaway-away. Pero nung dumating ka..."** Yumuko sya. **"...Without any hesitation, pinag-tanggol ka nila. Bagay na hindi nila ginawa sakin. Nagkasundo sila bigla at minsan nalang magsuntukan sa loob ng room."**

Kaya pala minsan nabanggit nila na hindi ganun ang ginawa nila nung nasa kanila pa si Ella. May kung anung kumiliti sa puso ko pero agad ding nawala yun ng maalala ko na.... *Bahagi lang ng pag-papanggap nila yun.*

**"They even smile while walking home at parang normal na magbabarkada na hindi ko pa nakikita sa kanila dati."** Nagpilit sya ng ngiti. **"...Ang laki ng inggit ko sayo. Nasa akin ang atensyon nila dati pero hindi ko nagawa sa kanila yun tapos ikaw, sa sandaling panahon----ang laki ng epekto mo sa kanila."**

Now i understand her. Kaya pala ganun ang ginawa nya kay Ci-N. Kaya gumawa sya ng paraan para sya ang mapag-bintangan dahil alam nyang apektado ako at maaring gumawa ng paraan.

*Ibang klase! Ang talino nya!*

**"Pero ngayon... Hindi na sila ganun."** Nagtama ang tingin namin sa isa't-isa. **"...Nawalan na naman sila ng buhay. Laging nag-aaway at nagtatalo sa loob ng classroom. Tatlong teacher na ang tumanggi na turuan sila dahil nag-aaway-away sila habang nagka-klase."**

**"A-at anung gusto mong gawin ko?"** May halong inis sa boses ko. **"...Pumasok ako at ipakitang okay na ang lahat? Gusto mong patawarin ko sila, ganun ba?"**

**"Pumasok ka at pakinggan mo ang paliwanag nila."** Huminga sya ng malalim. **"...Bigyan mo din ng pagkakataon si Yuri."**

Napasinghap ako ng di'oras. Bakit ba matay nyang ipagpilitan si Yuri? Inutusan ba sya ng red haired nerd na yun para sabihin lahat ng to?

**"Akala ko ba mahal mo pa rin si Yuri? Bakit mo sya pinag-pipilitan sakin?"**

**"Mali ako."** Mabilis nyang sagot na bahagyang nagpa-taka sakin. **"...Akala ko din sya pa talaga pero..."** Bigla nalang may pumatak ng luha sa isang mata nya. **"...Nung nawala sakin si Aries dun ko na na-realize ang lahat."**

*W-wala na sila ni Aries?*

Pero wala naman syang binabanggit kila Tita Gema. Hindi ko rin naman sila nakikita kaya wala akong balita sa kanila. Pero ang alam ko nung nasa ospital si Aries andun din si Ella. Kelan kaya sila naghiwalay?

**"Huli na para sakin at kay Aries. Masakit pero ganun talaga..."** Pinunasan nya ang pisngi. **"...wag ka sanang magaya sakin. Kinailangan pa nya kong iwan para ma-reliaze na mahal ko talaga sya."** Ngumiti sya sakin na walang halong ka-plastikan. **"...Deserve din ni Yuri na maging masaya pagkatapos ng lahat ng pinag-daanan namin."**

Unti-unti syang tumalikod sakin at naglakad paalis. Naiwan akong naka-tanga habang nakatingin sa kanya. Umurong ang dila at tapang ko ng ganun-ganun lang.

Sa kabila ng pagka-inis ko, naaawa pa rin ako sa kanya. Akala ko kasi talaga nung una si Yuri pa rin ang mahal nya dahil sa ginawa nyang pag-amin. Tapos ang ending Aries the horoscope na pala ang laman ng puso nya.

*Yan kasi! Midnight convo pa kayo ah! Hah!hah!*

Tinignan ko ulit si Ella at nakita kong kasama na nya si Freya. Ibig sabihin tapos na sila mag-usap. Agad kong hinanap yung Stepbrother kong baliw. Hindi naman ako nabigo dahil naka-yuko syang naglalakad palapit sakin.

Parang binagsakan ng langit at inginudngod sa lupa ang itsura nya. Bagsak ang mga balikat at kulang nalang umiyak sya ng malakas sa harap ko.

**"G-gusto mong magpunta sa Kingsground diba?"** Tanung nya ng hindi tumitingin sakin.

*Oo sana, pero parang mas kailangan mo yun!*

**"O-oo."** Alanganin kong sagot.

**"Sige. Tara."** Walang buhay nyang sabi.

Pakiramdam ko, kakailanganin ko ulit yung alak na ininom ko dati. Pero hindi para sakin, mukang para dito sa kasama ko.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 200

**A/N:** NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

**Drunk Percy**

***Jay-jay's POV***

Ayokong mag-inom ngayon. Wala akong gana at mas gusto kong isipin ng mabuti yung sinabi ni Ella sakin kanina.

*Nagkamali sya...*

Sa pagkakamali nya, nawala yung taong talagang mahal nya. Nawala na sa kanya si Aries sa pag-aakalang si Yuri pa rin ang mahal nya.

Ayoko sanang pakinggan ang mga sinabi nya. Anung paki-alam nya sakin at anung paki-alam ko sa kanya? Tapos masyado pa akong naa-apektuhan ng sinabi nya tungkol sa Section E.

*Haaizztt!! Asar naman kasi!*

**"Isha pa!"** Sigaw ni Percy dun sa bartender. **"...Ilabassshhh mo... lahat ng mahal... nyong... alak!"**

Napapailing nalang ako sa itsura nya. Konti lang daw iinumin nya. Eto yung konti nya, lasing na sya.

**"Tama na yan."** Sabi ko at akmang kukuhanin ang baso nya pero agad nyang nilayo yun.

**"Wag!... Wag... Akin tu! You get yours."** Sabi nya at tinuro nya ang alak sa istante.

Umiling ako sa Bartender para sabihin na hindi ako humihingi ng alak. Feeling ko nga nakikilala nya ko eh. Panay kasi ang tingin nya sakin.

Sabagay, ilang gabi pa lang naman ang nakakalipas buhat nung huling punta ko. Kayalang naman ako bumalik ngayon dahil dito sa kasama kong baliw.

**"Nagmahal... Nashaktan... Nag-nom..."** Sabi nya habang pabagsak ang ulo.

*Wala na... Bulol na!*

Nahihiya na ko sa mga taong pinagtitinginan kami. Bukod kasi sa ang ingay-ingay nya ang gulo-gulo din nya sa kinauupuan nya.

**"Jay..."** Tawag nya sakin. **"...Nagmahal ka naba?"**

*Parang hindi nya alam yung sagot ah?*

Hindi na ko sumagot. Hinayaan ko nalang syang magpatuloy. Muka kasing maglalabas na sya ng sama ng loob.

**"Akala ko... tatanggapin pa rin... nya ko."** Nag-simula ng bumagsak ang luha nya. **"...A-ayaw nya sakin."**

Kumuha ako ng tissue na malapit lang samin. Inabot ko yun sa kanya at kinuha naman nya para punasan ang luha at sipon.

Muli syang sumenyas sa Bartender ng isa pang alak. Sinalinan sya nito sa baso.

**"Huli na yan. Wag ka na umorder."** Sabi ko at nginitian nya ko.

**"Concern ang kapatid ko sakin."** Pang-aasar nya.

*Hindi noh! Ayoko lang magbuhat ng lasing.*

Inirapan ko nalang sya at sandaling tumingin sa dance floor. As usual, marami pa ring tao. Nagsasayaw kasabay ng malakas na music.

Binalikan ko ng tingin si Percy at kasalukuyan nyang tinititigan ang basong hawak.

**"Ang ganda nya..."** Seryosong sabi nya. **"...ang ganda-ganda nya."**

*Ako ba yon?*

**"...Nung unang beses ko syang makita, sabi ko '*magiging akin sya*'. Hindi naman ako nabigo..."** Ngumiti sya na parang kaharap nya yung sinasabi nya. **"...nagpa-practice sila ng sayaw nun tapos natanggal yung ipit nya sa buhok. Tumalsik sa paanan ko. Balak ko sanang iuwi kayalang nakita nya ko."**

*Mukang ang lakas ng tama nya kay Freya.*

**"...Ang ganda nung boses nya nung kinausap nya ko..."** tinungga nya yung basong may alak. **"...Ang tagal ko syang pinagmasdan. Naging stalker pa ko ng ilang linggo bago nagkalakas ng loob."** Bahagya syang tumawa. **"...dun ko nalaman na marami pala kaming may gusto sa kanya."**

*Balita ko nga pantasya nga daw sya ng bayan.*

Naubos na nya yung laman ng baso. Sinenyasan nya yung Bartender pero agad kong pinigilan. Umiling ako sa kanya bilang pagsenyas ng '*hindi na*'.

**"Umuwi na tayo..."** Aya ko sa kanya.

**"Mamaya na... Maaga pa."** Sabi nya ng may paki-usap.

Tumayo ako mula sa kinauupan kong stool at nilapitan sya. Hinawakan ko ang braso nya para akayin sya. Sa sobrang kalasingan hindi na sya nakapalag pa.

Hinarap ko muna yung Bartender. **"M-magkano?"**

Umiling sya sakin. **"Nakalimutan mo naba? Libre kayo dito ni Boss."** Sabay turo sa opisina ni Tiger.

*Libre?! Kingina! Sana sinabi nyo agad!*

Shutanginames! Sana sinamantala ko na yung libre na yon. Hindi naman kasi nilinaw sakin na forever na pala yun. Akala ko nung nakaraang gabi lang.

Nginitian ko nalang sya at nagpasalamat. Inalalayan ko na si Percy na maglakad. Habang naglalakad sa gitna ng maraming tao panay ang kembot nitong baliw kong Stepbrother. Nahihirapan tuloy ako!

**"Wag ka malikot!"** Sigaw ko sa kanya.

Nahihirapan na nga akong alalayan sya dahil sa dami ng tao tapos maglilikot pa sya. Ang sarap nyang batukan.

Nakalabas na kami sa pinto. Hingal na hingal ako dahil sa kanya. Matinding pahirap sakin tong lalaki na to!

**"Bwisit ka! Pahirap kang animal ka!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nyang tinaas ang isang daliri nya at kumanta. **" ...Just like animals, animals... Awwoooohhhh! "**

*Wala na! Malala na to!*

Sandali kong tinignan ang paligid. Walang dumadaang taxi. Madilim na din at sa tantsa ko 10pm na. Lagot ako nito kay Kuya Angelo.

Hindi na kasi dinala ni Percy ang kotse nya dahil atat na syang makapunto dito. Pumara nalang bigla ng taxi sa daan kanina.

Sinandal ko muna sya sa pader at muli akong sumilip sa daan. Mukang wala akong choice kundi ang tumawag ng susundo samin. Kinuha ko yung cellphone ni Percy sa bulsa nya.

**"Anong kinakapa mo dyan?"** sigaw nya.

*Ay putarages!*

Agad ko syang binatukan dahil sa ingay nya. Anu nalang iisipin sakin ng makakarinig sa kanya. Baka isipin nila manyak ako, feeling naman nitong isa may makakapa ako sa kanya.

**"Kinukuha ko cellphone mo! Gagong to... Ingay-ingay ng bunganga mo!"** Inis na sabi ko.

Nakanguso naman sya habang hinihimas ang batok. Sa inis ko, cellphone ko nalang ang kinuha ko sa loob ng bag. Sana lang may load pa kong pwedeng ipangtawag.

Habang nagpipindot sa cellphone ko, etong Percy panay naman ang kalabit sakin.

**"Anu ba?!"** Inis na sabi ko. **"...sisipain kita."**

**"May joke ako, pakinggan mo."** Sabi nya at tumawa. **"...Anu tawag sa Nanay na saging?"**

**"Eh?!"**

**"Mali!"** Sabi nya at nagtatawa. **"...Bananay!"**

*Facepalm!*

Kaya ko to! Kakayanin ko to! Marami na kong pinagdaanan kaya alam kong malalagpasan ko to. Kahit Korni mabubuhay ako!

Umarte akong walang naririnig. Binilisan ko ang paghahanap sa pangalan ng pwede kong tawagan. Si David ang una kong naisip pero ng subukan ko na syang tawagan, isang ring palang pinatay na ang tawag ko.

*Baka busy?*

Kung hindi sya pwede, eh sino? Wala na kong ibang alam. Hindi ko naman kilala yung kasama nito sa bahay at wala din akong number nila para tawagan sila.

*Si Felix kaya?*

Tsk! Hindi sa nagmamatigas ako o kung ano pero parang hindi rin sya makakatulong sakin ngayon. Muli na naman akong kinalabit nitong kasama kong baliw.

**"Anu na naman?!"** Inis na sabi ko.

**"Anu tawag sa test ng mga itlog?"** Tanung nya habang natatawa.

*Eto na naman po sya!*

**"Tsk!"**

**"Edi egg-xam!"** Sagot nya at nagtatawa na mag-isa.

Kaya ko to! Kakayanin ko to! Kakayanin ko kahit korni! Jusme! Kaunti nalang yata inuuntog ko na ulo ko sa pader dahil sa isang to.

Sa sobrang inis ko hindi ko namalayan na napindot ko na yung '*Call*' sa tapat ng pangalan ni Felix. Huli na bago ko pa ma-cancel dahil nasagot na nya.

**["*Hello? Jay?*"]** Dinig kong sabi ni Felix.

Tinignan ko ng masama si Percy na patuloy pa rin sa pagtawa. Sya may kasalanan nito eh. Wala akong choice kundi ang kausapin na si Felix. Sayang ang load ko kung hindi ako magsasalita.

**"F-felix."**

**["*Jay-jay... Bakit? May problema ba?*"]**

**"Papasundo lang sana kami sayo dito sa Kingsground."**

Sandaling katahimikan ang narinig ko bago sya muling nagsalita. **["*Sige. Papunta na kami*"]**

Balak ko pa sanang itanung kung sinong '*kami*' ang tinutukoy nya, kayalang agad nyang pinatay ang tawag. Nagkibit-balikat nalang ako.

Binalik ko na yung cellphone ko sa bag. Tatabihan ko na sana si Percy sa pagkakasandal sa pader pero may tatlong lalaki ang lumapit samin.

**"Hi Miss!"** Bati nung pinaka-matangkad sa kanila. **"...Anung ginagawa ng magandang katulad mo dito?"**

*Natutulog po!*

Bubuka pa lang sana ang bibig ko para sumagot at paalisin sila pero inunahan na ko ng Baliw na Percy na to.

**"Eto maganda?"** Tanung nya dun sa mga lalaki habang nakaturo sakin. **"...Eh naloko kayo!"**

Taka naman kaming nakatingin lang sa kanya. Halatang hindi na sya makatayo ng tuwid dahil sa kalasingan.

**"Lasing kana Bro..."** Sabi nung isang lalaki kay Percy.

**"Ako?! Lassshhhing?! Hindi no!"** Mayabang nyang sagot.

Napapailing nalang ako habang nakahawak sa muka. Nakakahiya na sya sa ibang tao.

**"Miss... Boyfriend mo ba yan?"** Tanung nung lalaking kaharap ko.

Mabilis akong umiling. **"Stepbrother ko yan."**

**"Miss? Sinong Miss?"** Sabi ni Percy at pumagitna pa samin nung kausap kong lalaki. **"...Eto Miss? Hindi Miss to! Mister to!"**

*Hinayupak! Ginawa pa nya kong lalaki ngayon.*

Nagtawanan naman yung mga lalaki kahit halatang hindi sila naniniwala sa kanya.

**"Transginger to Bro! Transginger!"** Dagdag pa nya at tuluyang lumakas ang tawanan nila.

*Suko na ko!*

Iuuntog ko na talaga ang ulo ko sa pader. Hindi ko na kaya ang kabaliwan nya. Akala ko matitiis ko pa ang kakornihan nya pero ibang level na to.

**"Ibang klase... Mukang kailangan mo ng iuwi tong kasama mo."** Sabi nung isang lalaki sakin.

Nag-nod naman ako bilang pag-sang-ayon. **"Pag-pasensyahan nyo na."**

**"Ok lang... Napatawa naman kami."** Sabi nung kaharap ko. **"...sige ah? Kailangan na naming pumasok sa loob. Kung kailangan mo ng tulong dyan sa kasama mo, tawagin mo lang kami sa loob."**

*Parang mahahanap ko kayo agad sa loob ah?*

**"Sige... Salamat."**

Ngumiti naman sila at naglakad na paalis. Nakalayo na sila at dun lang ata napag-tanto ni Percy na naka-alis na yung mga lalaki.

**"Uy! Asan sila?! Ipaparinig ko yung pamatay kong joke."** Sabi nya at panay ang tingin sa paligid.

Pilit ko syang binatak at pinabalik sa pader na sinasandalan nya. **"Wala na! Alam kasi nilang korni kaya nilayasan kana!"**

Napayuko sya habang naka-pout. **"Ay..."**

Kung ganito ng ganito tong sira-ulo na to, hinding hindi ko na sya papainumin ng marami. O kaya naman hindi ako sasama sa kanya. Baka maaga akong bumigay dahil sa kakornihan nya.

**"Sayo ko nalang sasabihin ang joke ko!"** Buong sigla nyang sabi.

*Ay wag na!*

**"Manahimik ka na nga!"**

Hindi naman nya pinansin ang sinabi ko. Nagsimula na naman syang magtatawa mag-isa.

**"Anu tawag sa may pakpak na kabayo?"** Sabi nya at nagtatawa na naman.

**"Tsk!"**

**"Tanga! Pegasus yun..."** Sabi nya at mas lumakas pa ang tawa.

*Tama na po... Please...*

Nakikiusap ako, sana po dumating na yung sundo namin. Sa sobrang kakornihan nitong kasama ko baka tumumba nalang ako bigla.

**"Eto pa! Eto pa!"** Sabi nya habang pinipilit pigilan ang tawa. **"...Anu tawag sa lumilipad na langgam?"**

Nilapit nya ang muka nya sakin at halatang hinihintay yung magiging linya ko sa punyetang joke nya. Gusto ko ng matapos tong kakornihan nya kaya pinag-bigyan ko na.

**"Ano?"** Bored kong tanong.

**"Ewan ko... Kaya nga tinatanung ko sayo eh!"**

*Tengene! Suko na ko talaga!*

Layasan ko na kaya siya at iwan na lang siyang mag-isa dito. Hindi ko na talaga kaya ang kakornihan nya. Mas nakakabaliw pa ang mga korni nyang joke kesa sa mga nangyari sakin.

**"Haha... Nakakatawa talaga mga joke ko. Ang gwapo ko kasi."** Sabi nya at kinindatan pa ko.

Bigla nalang akong napatawa ng malakas. **"Hahahahaha... Sa lahat ng joke mo yan ang benta."**

Tawang tawa ako habang napapahampas pa sa hita ko. Matagal bago ako tumigil at dun ko lang napansin na hindi na sya kumikibo habang seryosong nakatingin sakin.

**"Walang joke sa sinabi ko."**

**"Meron... Yung '*gwapo ka*'! Tang'na! Benta talaga sakin!"** Sagot ko at tinawanan na naman sya.

Inirapan nya ko sabay cross arm. **"Hindi kita bate. Inaaway mo ko!"**

Napailing nalang ako sa itsura nya. Sa wakas! Natapos din ang kakornihan nya. Akala ko mapipilitan akong lumayas na dahil sa kanya.

*Hahahaha... Pikon din pala to!*

Nakarinig kami ng busina ng sasakyan. Sabay pa kaming lumingon at may SUV'ng nakahinto sa harap namin. Bumukas ang pinto sa passenger seat at lumabas si Felix.

Umayos na ko ng tayo at aalalayan na sana si Percy para makasakay sa kotse pero napatigil ako dahil sa taong lumabas mula sa drivers seat.

*Kaya pala 'kami', kasi kasama nya tong isa pang Gago!*

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Yuri.

Tanging pagtitig lang sa kanya ang naging sagot ko. Mukang nahalata naman nya na hindi ako masaya na makita sya dito. Bahagya pa syang yumuko para iwasan ang tingin ko.

**"Hoy! Palito!"** Sigaw ni Percy dahilan para mapatingin kami sa kanya. **"...Umaano ka dito?!"**

Kay Yuri sya naka-tingin habang sinasabi yon. Tinangka nyang lapitan pero dahil sa kalasingan muntik na syang tumumba. Agad syang napayakap sakin para maka-kuha ng suporta.

**"U-umayos ka! Ang bigat mo!"** Sabi ko at pilit syang tinatayo.

Lumapit na rin si Felix para tulungan akong maitayo sya ng maayos.

**"Ilapit mo ko kay Palito! Babanatan ko yan!"** Sabi nya at pilit humahakbang.

*Palito?!*

**"Tumigil kana nga!"** Sabi ni Felix.

Tinignan naman sya ni Percy. **"Kakampi kana rin nya ngayon?! Pati ikaw sa kanya na rin?!"**

**"Lasing kana Kuya! Dun ka muna samin!"** Pag-iiba ni Felix.

**"Tinatanung kita! Kakampi ka ba ng Gagong to?!"** Sigaw nya at napahinto kami.

May kakaiba kasi sa pagsigaw nya na yon. Para bang may pinang-huhugutan sya ng galit. Tinignan ko si Yuri pero wala naman syang reaksyon.

**"Percy... Tama na."** Sabi ko at pilit syang hinatak pero hindi sya tumitinag. **"...Percy."**

**"Lahat nalang ba?! Lahat nalang kukuhanin mo sakin?!"** Galit na sabi ulit nya.

Pinilit nyang humakbang palapit kay Yuri. Kahit anong pigil namin patuloy pa rin sya at tanging pag-alalay lang ang nagawa namin sa kanya. Hindi pa nakakalapit ng husto inaabot na nya ang kwelyo ni Yuri.

**"Tumigil ka na Percy!"** Pag-awat ko.

Wala namang ibang ginagawa si Yuri kundi ang hayaan sya. Nanood lang sya samin, sa halip na lumayo hindi sya gumagalaw. Madaling nahablot ni Percy ang kwelyo nya.

**"Ano?! Asan ang yabang mo?! Yuri'ng duwag!"** Sigaw ni Percy sa mismong muka nya.

Pinilit namin ni Felix na alisin ang kamay nya. Masyadong mahigpit ang hawak nya at panay din ang yugyog nya kay Yuri.

**"Tama na Kuya!"** Sigaw ni Felix pero wala na syang pinapakinggan.

**"Masaya ka na ba?! Ha?! Nakuha mo na yung dapat na sakin! Yung tiwala ni Keifer! Yung kapatid ko! At si Freya!"** Sabi ni Percy na nagpagulo sakin.

Hindi ko maintindihan yung ibig nyang sabihin. Sinasabi nyang kinuha ni Yuri yung para sa kanya.

**"Wala akong kinukuha sayo."** Mahinahong sagot ni Yuri. **"...pinilit kong protektahan lahat ng iniwan mo."**

**"GAGO! Protektahan?! Pagprotekta ba yung ginawa kay Freya?!"**

*Alam din pala nya yun.*

**"H-hindi ko sinasadya yun."** Mahinang sagot ni Yuri.

Bigla nalang sinuntok ni Percy ang muka nya. Nataranta ako at naguluhan sa gagawin. Hindi ako lasing pero parang wala ako sa sarili.

Bumagsak si Yuri, susundan pa sana ng suntok ni Percy pero pumagitna na si Felix. Dahil na rin sa kalasingan kusang bumagsak an katawan nya at parang napagod din sa ginawa.

Tumayo si Yuri habang pinupunasan ang labing may dugo. Tumingin sya sakin bago yumuko. Ewan ko, pero parang hindi na sya yung Yuri'ng nakilala ko, yung naging crush ko at nag-aya saking magpakasal.

*Parang naging ibang tao na sya.*

Hindi ako nanghihinayang na ganito kami. Dahil kung tutuusin kasalanan nilang mag-bestfriend kung bakit kami ganito ngayon. Kaya kung dapat may makaramdam ng ganito, hindi dapat ako yun. Sya yun!

Tinulungan kong itayo si Percy. Gusto ko ng umuwi, gusto ko ng makalayo sa kanila.

**"Umuwi na tayo."** Sabi ni Felix.

**"Hindi! Hindi pa ko tapos dyan sa Palito na yan?!"** Sigaw ni Percy habang nagpupumiglas.

Buong lakas ko syang hinatak palapit sa kotse. Ganun din ang ginawa ni Felix kaya kahit nagpupumiglas sya naisakay pa rin namin sya. Ako na ang naupo sa tabi ni Percy. Sa passenger seat naman si Felix at si Yuri ang driver.

**"Si Freya..."** Dinig kong bulong ni Percy at bigla nalang bumagsak ang ulo sa balikat ko. **"...ayaw na nya sakin."**

Napatingin ako sa salamin sa harap. Nakita kong nakatingin din sakin si Yuri mula don. Inirapan ko sya at muling binalingan si Percy.

Naging tahimik kami sa buong byahe. Except syempre kay Percy na hinahamon pa rin ng suntukan si Yuri. May pagkakataon pa na lumilipad ang kamay nya at muntik na ko tamaan.

*Anak nang... Isa pa! Susuntukin ko to!*

Pagdating sa bahay nila Felix, nasa gate ang mama nya at mukang inaabangan na talaga kami.

**"Mama..."** Bati ni Felix pagbaba nya.

Sandali silang nag-usap habang naiwan kaming tatlo sa loob. May pagkakataon na tinitignan na naman ako ni Yuri pero pinipili kong wag syang pansinin.

Lumapit si Felix at Mama nya sa pinto ng back seat kung nasan kami. Binuksan nila yun at pinagtulungan na hatakin si Percy. Kusa din naman syang bumangon ng makita kung sino ang humahatak sa kanya.

**"Mama!"** Sigaw ni Percy at sinalubong ng yakap ang stepmother nya. **"...namiss kita Mama!"**

Bahagyang natawa yung Mama ni Felix. **"Parang isang linggo pa lang yung huling pagkikita natin ah?"**

**"Para sakin isang taon na yung nakakalipas."** Sagot ni Percy habang nakatawa din. **"...Tabi ulit tayong matulog nila Felix."**

**"Ayaw kitang katabi!"** Mabilis na protesta ni Felix.

Napangiti ako sa itsura nilang tatlo. Kahit hindi nila kadugo si Percy hindi naman sya naging ibang tao sa kanila. Lalu na kay Felix, kahit hindi nya sabihin ramdam kong masaya din sya na makita ang kapatid.

Mama na nila ang umakay kay Percy papasok sa bahay. Hinarap kami ni Felix at nagpasalamat. Hinintay muna namin syang maka-pasok sa bahay bago tuluyang umalis.

*Yung super nakaka-ilang! Eto yun eh!*

Katahimikan ang nangingibabaw samin. May pagkakataon na sinusulyapan namin ang isa't-isa pero agad ding iiwas. Muka kaming ewan sa ginagawa namin. Bakit ko nga ginagawa to?

Huminto sya sa tapat ng mismong bahay namin. Hindi ko na hinintay na pagbuksan nya ko kahit agad syang bumaba para gawin yun.

**"S-salamat."** Sabi ko at naglakad na.

**"Jay-jay."** Tawag nya sakin kaya huminto ako at tinignan sya. **"...A-ano...K-kasi."**

Napatingin ako sa gilid ng labi nya. Namumula na kasi at mukang nagsisimula ng maging pasa. Lumingon ako sa bahay at nakapatay na yung ilaw sa ibang bahagi. Mukang tulog na sila.

**"Pumasok ka muna."** Aya ko sa kanya.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Pumasok ako sa loob at hindi rin naman nagtagal sumunod din sya. Sa kusina ako dumiretso. Binuksan ko ang ilaw at hinanap ang icebag.

Matapos mahanap nanguha agad ako ng yelo at nilagay sa loob non. Lumapit ako sa kanya na kasalukuyang nakaupo. Idinikit ko yung icebag sa muka nya.

Hinayaan nya ko nung una pero laking gulat ko ng tignan nya ko at kasabay nun ang paghawak nya sa kamay kong naka-hawak din sa icebag. Sinubukan kong alisin yung kamay ko pero humigpit ang hawak nya sakin.

**"Y-yung kamay ko..."** Sabi ko.

Hindi sya sumasagot. Titig na titig sya sakin habang nakahawak pa rin sa kamay ko. Nag-uumpisa na kong mainis.

**"Yuri yung----."**

**"I miss you."** Putol nya sa sasabihin ko.

Buong lakas kong hinatak ang kamay ko dahilan para mahulog yung icebag. Tinignan ko sya ng masama.

**"Pwede ka ng umalis."** Sabi ko.

Hindi sya gumalaw. Nanatili sakin ang tingin nya at para bang nagsusumamo. Maling pinapasok ko pa sya dito. Pina-iral ko na naman kasi yung awa ko.

**"Jay... Please."** Sabi nya at humakbang palapit sakin. **"...let me explian----."**

**"Yuri."** Putol ko sa sasabihin nya. **"...gusto ko ng magpahinga."**

Hinawakan nya ulit ang kamay ko. Wala na kong lakas para makipag-talo. Lalu lang akong nahihirapan ng ganito.

**"Mag-usap tayo, please."** Paki-usap nya.

*Hindi ko alam kung handa na kong marinig ang mga sasabihin nila.*

Umiling ako, handa na sana akong sumbatan sya sa lahat ng nangyari pero bigla nalang pumasok si Aries sa kusina at masama ang tingin sa amin.

**"What are you doing here?"** Seryosong tanung ni Aries.

Binawi ko agad ang kamay kong hawak ni Yuri. Umiwas din ako ng tingin sa kanila. Pakiramdam ko magsisimula na naman sila ng away dito kaya mabilis akong kumilos. Kinuha ko yung icebag sa sahig at nilagay yun sa gilid ng lababo.

**"Ihahatid ko lang si Yuri sa labas."** Walang gana kong sabi at pilit hinatak si Yuri palabas.

Pagdating sa gate huminto na ko at pinanood syang lumabas. Malungkot ang mga mata nya habang nakatingin sakin. Hindi ko na sya binigyan ng pagkakataon magsalita.

*H-hindi pa ko handa.*

Sinara ko agad ang gate at pumasok na sa loob ng bahay. Dumiretso ako sa kwarto ko at halos pabagsak akong nahiga. Ayokong naging rude kay Yuri pero hindi ko mapigilan.

*Why you ganna be so rude? Don't you know i'm human too...*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 201

**A/N:** NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

**Angelo's rule**

***Jay-jay's POV***

Sabado nga pala ngayon. Wala pasok, kaya dapat walang gigising sakin ng maaga. Ang hindi ko maintindihan ay ang pagbukas ng pinto ng kwarto ko na halos ibalibag na ng kung sino at naging dahilan yun para magising ako.

Tinignan ko yung Hudas----kung sino man sya----na nagbukas ng pinto ng kwarto ko. Palibhasa sira na yung doorknob kaya madali ng mabuksan.

*Si Aries... Kayalang Taurus ako eh!*

**"Bumangon kana daw at mag-almusal."** Inis na sabi nya sakin at agad ding lumabas.

**"Abnormal."** Bulong ko sa unan.

Napilitan akong bumangon agad kahit sa totoo lang gusto ko pang magpaka-lunod sa kama. Marami pa naman sana akong balak gawin ngayon; matulog, matulog, matulog at matulog.

Sa banyo ako dumiretso para mag-ayos. Nagpalit na rin ako ng damit bago tuluyang lumabas ng kwarto. Pagdating sa Dining, kumpleto sila----and that's include Kuya Angelo.

*Patay...*

Masama ang tingin nya sakin. Alam ko namang nakarating na sa kanya yung hindi ko pagpasok ng school. One week, solid yun! Kaya solid din ang parusa nya sakin, sigurado ako.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Mama pag-upo ko. **"...samahan mo kami ng Tito Andy mo. Titignan namin yung magiging bahay namin."**

**"Hindi ba kayo makaka-lakad ng wala ako?"** Bored kong tanung.

**"Jay!"** Sita sakin ni Kuya.

Wala na ba kong kakampi dito sa bahay? Si Tita Gema sana pero hindi naman sya maka-kontra kay Mama. Si Lola sana pero umuwi na sya ng probinsya.

*Ako nalang talaga mag-isa...*

Napayuko nalang ako habang kumakain. Hindi ako maka-palag sa kanila. Mukang mapipilitan talaga akong sumama sa trip nitong Mama ko at bagong asawa nya. Wala naman na sigurong lalala pa sa pangyayaring to.

**"Sasama ka din Aries."** Dagdag ni Mama.

*Whaaaaaaaatttt?!*

**"Ayoko nga."** Mabilis na sagot ni Aries.

*Ayoko din!*

**"Sumama ka Aries."** Utos ni Kuya. **"...Kung ayaw mong bawiin ko ang kotse mo."**

Kita'ng kita ko kung panung huminga ng malalim si Aries para pagilin ang galit. Gusto kong matawa ng malakas. Yung pakiramdam kasi ng hindi lang ikaw yung madalas kinakagalitan sa pamilya.

*Pero ayoko talaga syang kasama.*

**"Kasama naman pala sya baka pwedeng hindi na ko sumama?"** Tanung ko at agad na nagsalubong ang kilay ni Kuya.

**"Sasama ka."** Utos nya.

Hinintay ko kung may kadugtong ba yung sasabihin nya kagaya kay Aries. Pero mukang wala syang maidugtong. Wala akong kotse na pwede nyang bawiin, hindi nya pwedeng liitan ang baon ko dahil nanghihingi ako ng pera kay Percy----*oo, hinihingan ko sya!*----wala rin naman syang mapapala kung paghihigpitan nya ko dahil madalang sya umuwi ng bahay.

**"Panu kung hindi?"** Hamon kong tanong.

Tinitigan ako ng masama ni Kuya. Para bang nakuha nya yung paghahamon na ginagawa ko sa kanya.

**"Kung hindi ka sasama..."** Panimula nya at bigla nalang pumungay ang mata. **"...Sa kwarto ka ni Aries matutulog."**

*WHAAAAAAATTTTTTT?! AYOKO! AYOKO! AYOKO!*

**"Sabi ko nga sasama na nga."** Mabilis kong sagot at binalik ang atensyon sa pagkain.

Walang sunod na nagsalita pagkatapos non. Bumalik din agad ako sa kwarto para maligo at mag-ayos. Hindi ko alam kung saan kami pupunta pero nagdala na rin ako ng pera----*just in case mabuset ako sa kanila, layasan ko sila.*

Halos sabay lang kami ni Aries na lumabas ng pinto ng mga kwarto namin. Hindi nya ko tinignan at tuloy-tuloy na naglakad. Alam ko namang ayaw nya kong makasama. Quits lang kami, ayaw ko din syang kasama.

**"Ready na kayo?"** Bungad samin ni Andy'ng epal.

**"Yes... I'm ready."** Buong galak na sabi ni Mama habang pumapalakpak.

Wala kaming naging sagot ni Aries. Pareho kaming mukang bored at halatang badtrip.

*Nice! Makikita ang pagkaka-pareho namin.*

**"Ingat kayo sa byahe."** Sabi ni Tita at hinalikan si Aries sa pisngi.

Niyakap naman nya ko na muntik ko ng hindi tanggapin. Hindi ako galit sa kanya, may tampo lang ako dahil sa mga nangyari pero ayoko namang iparamdam sa kanya yun. Sya na nga lang kakampi tapos itataboy ko pa.

Sumakay na kami sa SUV ni Andy. Sa backseat kami naka-upo nitong kapatid kong Horoscope. Medyo malayo kami ni Aries sa isa't-isa at pareho ding naka-siksik sa tabi ng pinto.

*Para kaming may sakit at parehong lumalayo sa isa't-isa.*

Sabagay may sakit naman sya talaga. Sakit sa baga at utak. Ang lakas kasi ng tama nya, nakakapikon na minsan.

Habang umaandar ang kotse panay ang kwentuhan ni Mama at Andy. Tungkol sa magiging kasal nila syempre. Nag-uumpisa na kong marindi kaya agad kong kinuha yung headset ko at sinalpak sa tenga. Tinodo ko din yung volume para solid.

*Makalaglag tulok na music, syempre.*

Tatlong oras ang naging byahe namin papunta sa sinasabi nilang magiging bahay nila. Salamat sa traffic at umabot ng tatlong oras ang byahe----*wow ha!*

Sa isang exclusive subdivission kami duniretso at huminto sa tapat ng isang simple pero magandang bahay. Hangang second floor ang bahay. Sa unang tingin bagay sa mga bagong kasal ang bahay. Hindi kalakihan at hindi rin ganun kaliit, sapat lang.

Tinanggal ko yung headset ko at bumaba na ng kotse. Kasunod kong bumaba si Aries na salubong pa rin ang kilay hangang ngayon.

**"Maganda ba?"** Naka-ngiting tanung ni Mama. **"...Ang Tito Andy mo ang nag-design nyan."**

*Talaga?! Designer pala ang epal.*

**"Architect sya?"** Tanung ni Aries.

*Designer nga ng bahay!*

**"Oo... Sa ngayon, I'm handling our own firm."** Sagot ni Andy.

**"Anu yung Architect?"** Wala sa sarili kong tanong.

Si Andy na sana ang sasagot ng tanung ko pero nukang epal din tong Aries na to.

**"Nagdedesenyo ng utak para sa mga tanga'ng kagaya mo!"** Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko sa sinabi nya. Nagtatanung ako dahil hindi ako sigurado pero hindi ibig sabihin non, TANGA ako.

**"Oh talaga?"** Sarcastic na tanung ko. **"Tutal matalino ka, anung kapalaran ko ngayon?"**

**"Kapalaran?"** Takang tanung nya.

**"Hindi ba Horoscope ka."**

Halatang napikon sya sa sinabi ko. Alam siguro nya ang ibig kong sabihin. Bigla nalang inamba ang kamay nya para mambatok pero bago pa makalapit sakin yun inakbayan kami pareho ni Mama.

**"Picture!"** Sigaw nya at isang click ng camera ang nadinig ko.

*Ay badtrip!*

Kingina! Anung itsura ko don? Pakiramdam ko muka akong tanga don. Lalapit sana ako kay Andy para agawin yung cellphone nya pero binuksan nya yung gate ng bahay at pumasok.

**"Tara na! Tara na!"** Aya samin ni Mama.

Sumunod si Mama kay Andy at naiwan kami ni Aries sa labas. Tinignan ko sya ng masama. Kasalanan nya kung bakit muka akong tanga sa picture na yun.

**"Buset ka."** Bulong ko pero mukang narinig din nya.

**"Mas buset ka!"** Inis na sabi nya.

**"Horoscope!"**

**"Tomboy!"**

**"Bakla!"**

**"Panget!"**

**"Mas panget ka!"**

**"Anung oras nyo balak huminto?"** Singit ni Mama habang iritableng nakatingin samin.

Hindi na ko sumagot. Nagpa-una na kong pumasok sa gate ng bahay. Malalaki ang hakbang ko palapit sa mismong pinto. Huli ko na napansin na malawak pala ang bakuran at may garahe din pero hindi pa ayos.

Nasa pinto si Andy at hinihintay kami. Cross arm akong huminto at tinignan sila Mama na kasunod ko.

*Buset kasi!*

Bakit pa nga ba ako sumama dito? Wala naman kaming gagawin dito. Badtrip kasi si Kuya Angelo. Minsan hindi ko alam kung gumaganti ba sya o eto na yung mismong parusa nya sakin. Lakas makasira ng baet!

**"Hon!"** Tawag ni Andy kay Mama habang inaabot ang susi ng bahay.

Buong galak namang kinuha ni Mama yun. Lumapit sya sa pinto at parang model na ngumiti sakin. Huli ko na napansin na kinukuhanan pala sya ng picture.

*Ang putik! Model ng pinto.*

**"Eto na... Papasok na tayo sa bahay natin."** Nakangiting sabi ni Mama habang unti-unting binubuksan ang pinto. **"...Tada!"**

Unti-unti kong sinilip ang loob. Si Mama ang unang pumasok kasunod si Andy. Dahan-dahan naman akong sumunod sa kanila.

May kaunting gamit na, kagaya ng sofa set na may balot pa ng plastic, meron na ding lamesa at ref. Pinindot ni Andy yung switch ng ilaw at mukang functioning na lahat.

*Kulang nalang yung titira.*

**"Tara sa taas."** Aya samin ni Mama.

Nanguna sya sa pag-akyat sa hagdan. Sumunod naman ako at kung mamalasin nga naman, nakasabay ko tong Aries na to sa hagdan.

**"Nauna ako."** Inis na sabi ko.

**"Eh anu ngayon."** Sagot nya sakin.

**"Sabado... Bugok!"**

**"Boplaks!"**

Bago pa man ako makasagot sa hinirit nya, naakyat na sya sa hagdan. Mabilis ko syang hinabol pero sadyang malalaki ang hakbang nya. Pagdating sa second floor, panibagong sofa set ang nakita ko. May flat screen tv sa katapat nito na nakadikit sa pader. Meron tatlong pinto na mukang kwarto at isang pinto na papunta sa terrace.

Hinawakan ni Mama ang kamay ko at hinatak ako sa unang pinto.

**"Dito ang kwarto mo."** Sabi nya habang binubuksan ang pinto.

Hindi kasing laki ng kwarto ko sa bahay nila Tita Gema pero sapat na para sakin. May cabinet at study table din. Bed frame at kutson na may balot pang plastic.

**"Eto naman ang para kay Aries."** Sabi ni Andy at binuksan ang pinto na katapat ng kwarto ko.

Kagaya lang din ng sakin ang kwarto. Pero mukang hindi masaya si Aries dun. Nag-cross arm sya at mukang naiinis.

**"Bakit ako may kwarto dito?"** Seryosong tanung nya.

**"Syempre kapag andito na kami----."**

**"Teka nga!"** Putol ni Aries sa sasabihin ni Mama. **"...Sinasabi mo ba na titira din kami dito?"**

*Oo nga noh?*

Hindi ko din naisip ang bagay na yun. Sinabi na kasi ni Mama na titira din ako sa kanila kahit sandali, bago man lang daw ako ikasal. Pero mukang hindi na mangyayari yun, dahil nga sa mga nalaman ko.

**"Oo... Sandali lang naman. Tsaka kapag bakasyon nyo lang sa school."** Sagot ni Mama.

**"No! That's never gonna happen."** Sabi ni Aries at umiling.

**"Aries... Gusto ko lang naman na----."**

**"Yan na naman! Yung gusto mo na naman... Panu yung mga gusto namin."** Inis na putol nya ulit sa sasabihin ni Mama.

**"Aries."** Mahinahong sita sa kanya ni Andy.

Huminto sya at tinignan ng masama si Mama. Bumaling sya sakin sandali at bigla nalang naglakad pababa ng hagdan. Naiwan kaming tatlo na nakatingin lang sa kanya.

Naiintindihan ko si Aries. Ang dating kasi nag-deside na naman sya ng hindi hinihingi ang opinyon namin. Gustuhin ko mang magprotesta kagaya ng ginawa ng Horoscope kong kapatid hindi ko na ginawa.

*Alam ko kasing alam na nya yun.*

Tinignan ako ni Mama at bago pa man sya makapag-salita tinalikuran ko na sya. Dumiretso ako sa terrace at sandaling pinagmasdan ang paligid. Napaka-pamilyar ng pakiramdam.

Nakita ko si Aries sa labas na para bang may kausap sa cellphone. Panay ang ikot nya at kahit hindi ko naririnig ang sinasabi nya para bang inis na inis sya.

Napatingin sya sa gawi ko kaya agad akong umiwas. Tumingin ako sa ibang direksyon pero puro bubong lang at linya ng kuryente ang nakita ko.

*Panget ang view...*

Pumasok nalang ulit ako sa loob. Wala na si Mama at Andy pero naririnig ko ang boses nila. Mukang nasa baba na sila. Binalikan ko ulit yung kwartong para sakin. Naningin lang ako ng naningin kahit wala namang ka-inte-interest.

Nang magsawa tsaka lang ako bumaba. Nakita ko sila Mama at Andy sa kusina at nag-uusap sila. Sabay pa silang tumingin sakin.

**"Jay... Anung gusto nyong kainin? Bibili ang Tito Andy nyo."** Naka-ngiting tanung sakin ni Mama.

**"Tatanungin ko si Aries."** Walang buhay kong sabi.

Lumabas ako agad para hanapin si Aries. Hindi naman ako nahirapan dahil andun pa rin sya sa pwesto nya kanina kung saan ko sya nakita. May kausap pa rin sya sa cellphone nya.

**"Anu daw gusto mo kainin? Bibili daw sila."**

**"Kahit ano, basta magkakaroon ng laman yang utak mo!"** Singhal nya sakin.

*Buset talaga to!*

**"Wag ka kumain! Mamatay ka dyan sa gutom!"** Sigaw ko at padabog na bumalik sa bahay.

Nakatayo na si Andy sa pinto at hawak ang susi ng kotse nya. Mukang inaabangan din nya ang sasabihin ko. Wala namang sinagot na matino si Aries kundi panlait sakin.

**"Gusto nya ng Pizza tsaka isang bucket ng chicken."** Sabi ko.

*Sabi nya basta daw magkakalaman ang utak ko.*

Ok na siguro yun. Masisiyahan na yung tyan at utak ko dito. Kesa naman walang makain.

Umalis si Andy'ng epal at naiwan kaming tatlo sa bahay. Nakaupo kami ni Mama ngayon sa harap ng lamesa. Kakatapos lang ni Aries makipag-usap sa kung kanino at naupo na rin sya.

Muka kaming ewan na naghihintay sa pagkain. Lahat na yata ng langgam na dumaan sa harap ko, nabigyan ko na ng dialouge.

**"Parang ganito lang tayo dati, diba Aries?"** Sabi ni Mama at tinignan ko sila.

Hindi ko maalala na nagkasama-sama kami sa harap ng hapag dati. Siguro dahil 3 years old ako nung ipa-ampon si Aries kay Tita. Wala na kong masyadong maalala.

Yumuko si Aries habang nakapatong ang isang kamay sa lamesa. **"O-oo..."**

**"Naalala mo pa pala."** Dagdag ni Mama at nagpilit ngumiti.

*Hindi ako maka-relate.*

**"Naalala ko syempre..."** Sabi ni Aries at tinignan si Mama. **"...Naalala ko din kung pano mo ko paluin kapag hindi kita sinunod. Naalala ko din kung panu mo ko murahin kapag may ginawa akong mali."**

Unti-unti'ng nagbago ang mga mata nya. Galit na ang nakikita ko sa kanya. Gusto kong sumingit at magtanong pero baka sakin naman nya ibunton ang galit.

**"...I remembered it. I remember how you hit me with slipper, belt or hanger. I remember how you call me '*walang kwenta*', '*walang utak*' at '*hindi nag-iisip*'. Well let me tell you, may utak ako dahil naalala ko yung mga ginawa mo!"** Panunumbat nya.

Hindi nakapag-react si Mama. Kahit ako nabigla sa mga naririnig ko. Wala akong alam sa mga pinag-sasabi nya.

**"...and you know what i remembered the most? Nung pinatulog mo ko sa labas dahil lang iniwan ko si Jay-jay mag-isa sa bahay!"** May bumagsak na luha sa isang mata nya. **"...Pero alam mo ba yung dahilan? Alam mo ba kung bakit ako lumabas at iniwan mag-isa si Jay-jay?! Dahil ibinili ko sya ng pagkain! Dahil wala ka para ipagluto sya!"** Huminga sya ng malalim. **"Ako ang gumawa ng dapat na ikaw pero ako pa ang masama sa huli!"**

Malalim ang naging paghinga ni Mama, dun ko lang napansin na umiiyak na pala sya. Hinawakan nya ang kamay ni Aries ng mahigpit.

**"Nadala lang ako ng galit... Hindi ko sinasadya yun."** Sabi nya habang patuloy sa pag-iyak. **"....patawarin mo ko. Masyado pa kong bata non----."**

**"Hindi dahilan yun!"** Sigaw ni Aries. **"...Si Jay-jay lang kasi ang mahalaga sayo! Bakit?! Dahil mayaman ang Papa nya, samantalang tambay lang ang sakin?!"**

*Shit! Naguguluhan ako!*

Alam kong magka-iba kami ng ama ni Aries, pero wala talaga akong ka-alam-alam sa mga sinasabi nya. Hindi ko alam na may mga ganun syang naranasan kay Mama.

Pilit binawi ni Aries ang kamay nya na hawak ni Mama. Hindi na sya nakapalag dahil sa panghihina. Umiyak ng umiyak si Mama at sa totoo lang, nasaksaktan ako kahit hindi naman dapat.

**"Kaya mo nga siguro ako pina-ampon."** Dagdag ni Aries.

*Tumigil kana... Please.*

Ang bigat sa pakiramdam ng ganito. Tumingin ako sa malayo at huminga ng malalim.

**"Tama na Aries."** Sabi ko at lumipat sakin ang masama nyang tingin. **"...Tumigil ka na."**

**"Aries..."** Tawag ni Mama sa kanya. **"...Hindi ko gustong ipa-ampon ka. Kinailangan ko lang talagang gawin para maalagaan ng husto si Jay-jay. Sakitin ang kapatid mo, mas kailangan nya ko."**

*Pakinggan mo si Mama...*

**"At ako hindi?!"** May halong panunumbat ang tinig nya. **"Hindi ko kailangan ng Ina?! Ganun ba?!"**

**"Tama na."** Awat ko.

**"Alam kong kailangan mo... Pero intindihin mo naman."**

**"Panay ka nalang bang iintindihin! Panu naman kaming umiintindi sayo?!"**

**"Tumigil kana, Aries."**

Pakiramdam ko maririndi ako sa sagutang ginagawa nila. Ang sakit sa ulo at ang bigat sa dibdib. Inaasahan ko na mag-aaway-away kami pero hindi ganitong nagsusumbatan habang binabalikan ang nakaraan.

**"Wala akong silbi para sayo! Kaya pina-ampon mo ko!"**

Hinampas ko ng malakas yung lamesa. **"TUMIGIL KANA!"** Sigaw ko habang tinitignan ng masama si Aries. **"...UTANG NA LOOB!"**

Pati si Mama tumigil din sa pagsasalita. Pinunasan nya ang muka na basang-basa ng luha. Ilang beses ko din narinig ang paghinga nya ng malalim.

**"Tantanan mo na ang kaka-sumbat ng pagkukulang ni Mama! Baka nakakalimutan mo may pagkukulang ka din!"** *Sakin!* **"...kung magsalita ka! Nakakahiya naman sayo!"**

Mula sa kina-uupuan nya sa tapat ko, hinablot nya ang kwelyo ng damit ko. Napatayo ako habang nilalapit nya ang muka ko sa kanya. Kulang nalang patayin ako ng mga titig nya.

**"Hindi mo alam yung mga naranasan ko----."**

Pinutol ko ang pagsasalita nya. **"Hindi mo din alam ang mga naranasan ko!"** Kusang bumagsak ang luha sa isang mata ko. **"...Hindi ko pa man din naalala pero alam ko! Alam kong impyerno yun!"** *Pero andun kaba para protektahan ako?!*

Kahit hindi ko sabihin ang mga salitang gusto kong bitawan, alam kong nakuha nya yun. Nakuha nya ang ibig kong sabihin.

Unti-unti nya kong binitawan. Hindi pa rin namin inaalis ang tingin sa isa't-isa.

**"Ma..."** Tawag ko kay Mama ng hindi inaalis ang tingin sa kaharap ko. **"...Tumigil kana sa pag-iyak at kung pwede lang..."**

**"Wag ka ng umasa na magkaka-ayos-ayos pa tayo."** Dugtong ni Aries sa sasabihin ko.

Katahimika ang namayani sa aming tatlo. Hindi ko alam kung gano na kami katagal na ganun. Hangang sa dumating si Andy dala ang pagkain.

**"M-may nangyari ba habang wala ako?"** Tanung nya kay Mama.

Ngiti lang naman ang sinagot ni Mama sa kanya. Kung sana lang dumating ka ng mas maaga baka naabutan mo ang drama.

*Baka bumili ka pa ng popcorn habang nanunuod.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 202

**A/N:** NO EDIT! Sorry for the wrong spelling and grammar.

**Monday Madness**

***Jay-jay's POV***

Naging pabor sakin ang araw ng linggo. Walang tao sa bahay except sa mga maid nila Tita. Pati sila Mama at Andy'ng epal ay wala. Buong araw akong kumain at natulog----*walang paligo!*

*Okay lang yun! Wag kayong ano!*

Pero mukang linggo lang ang naging pabor sakin dahil lunes. Lunes na lunes! Lunes na lunes bunganga ni Kuya ang bumungad sakin.

Ready na sana ako sa daily routine namin ni Percy. Kuwaring papasok ako pero dun kami magkikita sa Mini Mart----*alam na this!* Pero nandito pa pala sa bahay si Kuya at ayon.

*Sermon all the way!*

**"Pinagbibigyan kita nung una! Sinasagad mo talaga ang pasensya ko!"** Sigaw nya sakin.

Napapapikit nalang ako habang pinapakinggan sya. Feeling ko sa bawat salitang binibitawan nya ay may lilipad na gamit papunta sakin. Ganun katindi ang powers ng bunganga nya.

**"Tama na Angelo, papasok na siguro sya ngayon."** Awat ni Tita Gema sa kanya at bumaling sakin. **"...papasok ka na diba?"**

Para akong bata na nakatingala sa kanya. Tipid na tango ang sinagot ko dahil sa totoo lang wala talaga akong balak pumasok ngayon. Wala na kong balak pumasok *forever.*

**"Akala mo naman maniniwala ako sayo?!"** Inis na sabi ni Kuya at dinuro ako sa ulo. **"...Akala mo hindi ko kilala ikot ng utak mo?!"**

*Haaahhh! Nakakabasa na ngayon ng isip si Kuya?!*

**"At hindi ako nakakabasa ng isip kung yan ang inaakala mo!"** Dagdag nya.

*Oowwwsss?!*

Lalung tumalim ang tingin sakin ni Kuya kaya agad akong yumuko ulit. Hindi nakakabasa pero parang alam na alam nya yung iniisip ko.

**"P-papasok na talaga ako. Hatid mo pa ko para sure ka."** Sabi ko habang nakayuko pa rin.

**"Talagang papasok kana! At para masiguro ko na aabot ka sa classroom nyo..."**

*Ihahatid kita!*

**"...ipapahatid kita!"**

*Whhuuaaattt?!*

Kanino?! Kay Aries the Horoscope? Sus, wala pa ko sa gate ng school ibaba na ko nyan. Wala rin kaming driver para ipahatid ako. Hindi rin pwede si Andy'ng epal dahil uuwi daw sya sa kanila----*marami daw syang tatapusing trabaho!*

**"Kanino?"** Tanung ni Tita Gema.

**"Sa kanya."** Mabilis na sagot ni Kuya habang nakaturo sa pinto.

Sabay kami ni Tita Gema na tumingin don. Naka-ngiwi habang kumakaway samin ang walang hiya. Isa lang ang masasabi ko.

*Hindi pabor sakin ang lunes!*

**"G-good morning po."** Bati ni Yuri.

**"Kuya!"** Inis na tawag ko sa kanya.

**"Sya na ang maghahatid *AT* sundo sayo."** Diniinan talaga nya yung salitang AT. **"...updated din ako every hour, to make sure na hindi ka magka-cutting."**

*Wow! Wow talaga! Wow na wow! Ikay mapapa-wow! WOW!*

Ngumiti sakin si Kuya na parang nakakaloko. Para bang sinasabi nya na '*hindi ka mananalo sakin*'. Kingina naman! Wala na talaga akong panalo.

Wala na kong magagawa. Lalu lang akong paghihigpitan ni Kuya kung papalag pa ko. Ang sarap lang iuntog ng ulo ko sa pader dahil dito.

**"Sige na... Pumasok kana!"** Utos ni Kuya.

*Eto na! Eto na! Kala mo naman!*

Labag man sa loob ko naglakad ako palabas. Nilagpasan ko lang si Yuri na nakatingin sakin. Sumunod din naman sya agad at inunahan pa kong makalapit sa kotse nya. Binuksan nya yung pinto ng backseat.

Padabog akong sumakay at pagsara ng pinto, dun ko lang napansin na may naka-upo na sa passenger seat. Siguro nga hindi talaga pabor sakin ang lunes. Kung kelan hindi ako handa na makita sya.

*Ngayon pa talaga?! Anu to?! Nang-aasar lang?!*

In fairness ang galing nilang mang-asar. Napipikon na ko! Malapit-lapit na! Isang pang-aasar pa at lilipad ang kamao ko sa muka nila.

**"Jay... Sorry. Hindi ko nasabi na kasabay natin si Kei----."**

Agad kong pinutol ang sasabihin ni Yuri. Tinignan ko sya ng masama yung tipong tatagos sa buto. O kaya baliin ko nalang buto nya.

**"Yuri. Please lang. UTANG NA LOOB! Mag-drive kana."** Sabi ko na medyo mahinahon.

*Mahinahon ako... Promise!*

Walang nagawa si Yuri kundi ang magmaneho. Habang itong katabi nya, nakatingin lang sa labas ng bintana. Turista lang ang peg!

*Sarap saksakin sa likod!*

Napaiwas ako ng tingin ng bahagya syang lumingon sakin. Kuwari turista din ako at sa bintana nakatingin. Pagkakamali ko pa kasi na dito ako pumwesto sa likod ni Yuri. Dapat sa likod nya para madali ko syang masaksak.

*Hari ng mga Dimunyung Ulupong!*

Maya-maya pa ay naka-amoy naman ako ng sigarilyo. Bahagya pa kong inubo dahil sa paghalo ng amoy nito sa aircon ng kotse. Pagtingin ko sa harap, parang dragon na nagbubuga ng usok ang Hudas na Kumag.

*Shutanginames naman!*

**"Anu ba yan?! Sa loob pa ng kotse nanigarilyo!"** Inis na sabi ko at binuksan ang bintana.

Pagtawa lang nya ang narinig ko. Malakas ang kutob kong nang-iinis lang ang kumag na to. Mukang hindi talaga sya nasiyahan sa ginawa nya sakin at ngayon nambubuska naman.

**"Bwisit."** Bulong ko.

Tiniis ko ang amoy ng sigarilyo. Kulang nalang matuyot ang baga ko dahil don. Pagdating sa school, hindi pa nakakapag-park si Yuri lumabas na ko agad at pabalibag na sinara ang pinto.

*Hindi ko na kaya!*

Sa Cr ako dumiretso at nagpalipas ng oras. Tinanggal ko din ang amoy ng sigarilyo na kumapit sa damit ko. Nag-ayos din ako ng itsura ko. Ayokong mahalata nilang miserable ako.

Tumunog ang bell kaya napilitan akong lumabas ng CR. Mabigat ang bawat hakbang ko palapit sa room namin. Hindi talaga ako handa pero sabi nga ni Kuya, '*updated*'.

Maka-ilang beses din akong huminga ng malalim. Kinakain ako ng takot kahit hindi naman dapat. Sila dapat ang matakot sakin!

Malapit na ko sa pinto ng room ng mapaatras ako. Hindi ko yata kaya, nanginginig ang tuhod ko. Gusto ko na yatang umuwi. Pero kung hindi ko sila haharapin, hindi matatapos tong kaduwagan ko na to.

*Kaunting tapang naman!*

Hindi dapat ako ang matakot. Bakit? Ako ba ang may ginawang kasalanan? Ako ang nanloko at pumusta? Ako ba nag-sinungaling at nag-paasa? Kakahiya naman yata! Ako na nga tong naagrabyado tapos ako pa tong matatakot.

Huminga ako ng malalim, yung tipong hinugot ko na lahat ng pwedeng ilabas sa baga ko. Sinampal ko din ang muka ko ng dalawang kamay para gisingin ang sarili ko----*ang tsakit ata!*

Lumakad ako ng normal, parang karaniwan lang. Yung parang pumapasok ako sa normal na klase, sa normal na paaralan at may normal na kaklase.

Pagpasok ko sa pinto, parang may dumaan na anghel----*dumating si barakuda*. Unti-unti tumahimik ang lahat habang nakatingin sakin. Tumigil yung iba sa ginagawa at hinarap ako.

"*Si Jay-jay.*"

"*Pumasok na sya.*"

"*Okay na kaya sya?*"

"*Galit pa rin yata sya!*"

"*Basta mahalaga pumasok sya!*"

**"Jay-jay!"** Malakas na sigaw ni Ci-N habang nakangiti.

Pero hindi ko pa rin magawang suklian ang ngiti na yon. Tinignan ko yung dati kong upuan sa pagitan ng mag-bestfriend na Gago. Bakante pa rin yun at parang nakalaan talaga para sakin. Nakadikit pa rin sa bangko yung retaso ng tela ng palda ko.

*Pero hindi na ko don uupo!*

Napatingin ako sa pares ng lamesa at bangko sa tabi ko. Pinaka-malapit sa pinto at pinaka-una. Wala akong katabi dahil lahat sila, kundi nasa likod nasa gilid.

Binaba ko yung bag ko sa table, pinagpag ko yung upuan bago ko maupo at nagpangalumbaba na parang walang nanagyari. At least hindi ko na kailangang tiisin ang mga pagmumuka nila. Wala na rin akong paki sa mga gagawin nila sa likod ko.

**"Pumasok ka na pala."**

Tinignan ko yung nagsalita na nakatayo sa pinto. Si David na may sosyaling instinct. Bored ko syang tinignan.

**"Hindi. Hologram lang ako."**

Bahagya syang natawa habang napapailing bago tuluyang pumasok sa room.

"*Bakit si David kinausap na nya?*"

"*Baka may something sila.*"

"*Ang daya naman.*"

Nakakainis ba yung ganyang pag-uusap na ipaparinig talaga. Hindi ko alam kung sinasadya ba o ano. Ang sarap lang pagsu-suntukin.

Napatingin ako sa katabi kong lamesa. Gumagalaw kasi yun palapit sakin. Tinignan ko ng masama yung hinayupak na nagtutulak non palapit sakin.

*Ci-N!*

Inayos pa nya ang upuan at pinunasan bago maupo. Malapad ang ngiti nya habang namimilog ang mga matang nakatingin sakin.

**"Tabi tayo!"** Buong galak nyang sabi.

Tinignan ko kung gano kalapit ang lamesa at bangko nya sakin. Wala na sa tamang linya ang kanya. Nawala na yung space sa pagitan ng mga table namin.

**"Pansin ko nga."** Sarcastic kong sabi.

Tinignan ko yung paligid at naghanap ng pwede kong lipatan. Ayoko ng may katabi. Kaya nga ako lumipat ng upuan tapos tatabi sya sakin. Pero bago pa man ako makalipat dumating na si Sir Alvin.

**"Good morning... Sorry kung late ako."** Sabi nya habang inaayos ang mga dalang papel sa table.

Tinignan nya ko sandali at ngumiti. **"Buti pumasok kana. Lagi ka hinahanap sakin ni Angelo."**

*Sige Sir. Paalala mo pa!*

Alanganing ngiti at ngiwi ang sinagot ko sa kanya. Nagsimula na syang mag-discuss ng kung anu-anu. Pakiramdam ko mali ang naging pwesto ko dahil masyado na kaming harap. Kitang-kita ako ng teacher sa bawat galaw ko.

**"Jay-jay."** Pabulong na tawag sakin ni Ci.

*Wag mong pansinin.*

**"Jay-jay."**

*Wala kang naririnig!*

**"Pst! Jay."**

*Lalalalalala...*

**"Jay-jay... Barakuda."**

*Tongono!*

**"Bakit hindi ka sumasagot? Hindi ka nagtoothbrush no?"**

*Ay buset!*

Gusto ko ng iuntog ang ulo ko sa lamesa. Yung malakas na malakas at sa sobrang lakas mawawalan na ko ng malay.

Ayokong sigawan si Ci-N. Masama ang loob ko sa kanya pero hindi dahilan yun para pagbuntunan ko sya. Nilinaw din naman sakin ni David na napilitan lang si Ci na gawin yun.

Hindi ko nga lang maiwasan na hindi magtampo. Ang tagal naming magkasama. Tumira pa sya sa bahay namin at nakasama ko pa sya sa kwarto. Ganun katagal nyang natiis na hindi magsalita sakin.

*Asar naman...*

Natapos ang subject namin kay Sir Alvin pero itong katabi ko hindi pa rin tapos sa pangungulit sakin.

**"Tignan mo to."** Nakangiting sabi nya at hinarap sakin ang isang plastic na laruan, suprise egg ang nakadikit sa label. **"...tignan mo! Tignan mo!"**

Binuksan nya yung itlog at parang bata na pumalakpak sa tuwa ang luko. Natuwa sa laruan na nakuha nya mula sa loob.

**"Surprise!"** Tuwang-tuwa nyang sabi.

Palihim akong napangiti sa itsura nya. Nakaka-miss din kasi. Nami-miss ko na din ang kulitan namin. Pero hindi na kasi kami kapareho ng dati.

Parang normal nalang ulit ang mga sunod na subject. Wag lang talaga mag-groupings! Hindi ako g-grupo sa mga Dimunyung Ulupong na to.

Tumunog ang bell, indication ng lunch. *Patay!* Nakalimutan kong magbaon ng pagkain. Napatingin ako sa likod at nakita kong nag-aayos na si Eman. Mukang nag-luto sya ngayon.

**"Tara... Kain na tayo."** Aya sakin ni Ci.

Tumayo ako at naglakad pero hindi papunta sa likod lung nasan ang pagkain. Dumiretso ako sa labas. Narinig ko pa si Ci-N na tinatawag ako pero hindi ko sya pinapansin.

Kung saan ako papunta? Hindi ko alam. Sinubukan kong pumunta sa likod ng canteen. Titignan ko kung makakabili ako sa tropa kong tindera.

**"Ate..."** Tawag ko sa kanya mula sa bintana sa likod. **"...pwedeng pabili?"**

**"Himala! Nabalik ka dito."** Sabi nya at tumingin-tingin sa likod nya. **"...ano ba bibilin mo?"**

**"Yung combo *keneme* nyo."** Sagot ko at bigla syang natawa.

**"Keneme ka dyan."** Komento nya at naglakad na paalis.

May ilang minuto ko syang hinintay hangang sa bumukas ang pinto. Akala ko sya na yon kaya lumapit ako agad pero hindi ko inaasahan ang makaka-harap ko.

*Aries the Horoscope!*

**"J-jay..."** Alanganing tawag sakin ni Ate'ng tindera.

Hawak ni Aries ang pinamili ko. Masama ang tingin nya sakin.

**"Isa pang beses na gawin mo to, tanggal ka sa trabaho."** Sabi nya sa tindera ng hindi lumilingon.

**"O-opo... Pasensya na po."** Sagot ni Ate at umalis.

Humakbang palabas si Aries. Hindi pa rin nya inaalis ang tingin sakin. Kulang nalang matunaw ako sa harap nya na parang ice cream.

**"How long are you doing this?"** Walang buhay nyang tanung.

**"Ngayon lang ulit."** Halos pabulong kong sagot.

Bahagya syang tumawa at iniharap sakin yung pagkain na inorder ko. Akala ko iniaabot kaya tinaas ko ang kamay ko para kunin pero hindi ko pa nahahawakan binitawan na nya.

**"Pinili mo yung Section mo... Kaya sumama ka sa kanilang magtiis ng gutom."** Sabi nya at bigla nalang tinapakan yung pagkain sa sahig.

Ngumisi pa sya sakin bago tuluyang umalis sa harap ko. Naiwan akong nakatitig sa lupa. Wala ng pwedeng pakinabangan maliban sa bote ng tubig. Dahan-dahan akong naupo at kinuha yon.

*Pinili ko sila.... Pero pinili din nilang lokohin ako.*

Hindi ko alam na pagsisisihan ko ang pagpili sa kanila. Ang lakas pa ng loob kong magyabang kay Aries dahil solid kaming magkaklase. *#SectionGoals* Pero sila lang pala ang may Goals, hindi pala ako kasali.

Tumayo ako at naglakad na paalis. Siguro, mabubusog na ko sa tubig. Kakainin ko na rin siguro yung bote para sure. Ito napapala ng pagmamatigas, natutuyot sa gutom.

*Isusumpa ko rin yung butas ng pwet ni Aries.*

Naubos ko na yung tubig, kakainin ko na sana yung bote pero may mga kalalakihang nagtakbuhan sa harap ko. Nasagi nila yung bote at nalaglag.

*Wala na... Hindi na pwedeng kainin.*

Pupulutin ko nalang sana yung bote para itapon pero napatingin ako sa sahig. May isang kaha ng sigarilyo at lighter sa hindi kalayuan. Mukang nalaglag yun nga mga kalalakihang nagtatakbuhan.

Pinulot ko yun at pinagmasdan ang piligid. Wala ako sa sariling bumalik sa building namin habang hawak yun. Kumuha ako ng isang stick at pinaglaruan yon sa daliri.

*Ganito ang nagagawa ng gutom.*

Sa halip na dumiretso sa room. Sa second floor ako nagpunta. Sariwang hangin ang sumalubong sakin. Walang ibang tao, ako lang mag-isa.

Tinignan ko ulit yung hawak kong sigarilyo. Ayoko talaga ng amoy nito. Minsan ko lang sinubukang manigarilyo at talagang ang panget ng lasa. Tapos nahuli pa ko ni Cyrus at pinag-awayan namin yun.

Hindi ko namalayan na nailapit ko na pala ang stick sa labi ko. Panget daw sa babae ang manigarilyo, bakit? Nakakagwapo ba sa lalaki?

Nakasunod na ang lighter na palapit pero bago ko pa man masindihan ang stick, isang kamay ang humablot non mula sa bibig ko.

**"Tang'na!"** Malutong na mura ko sa hudas na gumawa non.

**"What the hell?! What are you doing?!"** Galit na tanong sakin ni Yuri.

Sa inis ko sa kanya, binato ko yung isang kaha sa muka nya kasunod ng lighter. Nakailag naman sya pero masama pa rin ang tingin nya sakin.

**"Anung paki-alam mo?!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Hindi mo ba nakikita yung sarili mo?! Nagbabago kana!"**

**"Malamang hindi! Walang salamin dito! Tanga!"**

Nasabunutan ni Yuri ang sarili dahil sa inis. **"See?! Pati pananalita mo!"**

**"Eeoowsss ppoeeh!"**

**"JAY!"** Sigaw nya sakin na parang si Kuya Angelo. **"...umayos ka nga!"**

Balak talaga nya kong sermunan. Wala akong planong makinig at naririndi na ang tenga ko. Busog na ko sa sermon sa bahay, wag na nyang gatungan pa.

**"Jay-jay naman..."** Sabi nya na parang pagod na pagod. **"...Alam kong marami kang problema pero wag namang ganito!"**

**"Anung gusto mo? Ipakita kong okay ako? Na parang wala lang sakin lahat? Pvta! Durog na to!"** Tinuro ko ang puso ko. **"...Piga na to!"** Tinuro ko ang ulo ko patukoy sa utak ko. **"...at pagod na pagod na ang katawan ko! Tapos gusto mong umayos ako? Tangina pala!"**

**"At eto ang solusyon mo?!"** Sabay turo sa isang kaha ng sigarilyo sa sahig. **"...Bumabalik ka sa dati! Sa dating ikaw na iniwan mo sa probinsya mo!"**

**"Oh anu ngayon? Anu ngayon sayo kung bumabalik ako sa dati?!"** Kuwari akong tumawa habang napapailing. **"...Hindi mo kayang magpakasal sakin kung ganun ako? Tama ba?"** Hindi sya sumagot. **"...Edi wag mo kong pakasalan. Problema ba yun? Tutal ikaw lang naman talaga ang may gusto ng kasal na to!"**

Naglakad ako papunta sa hagdan sa likod nya. Ayoko ng makipag-usap sa kanya.

**"Syang-sya ka ng bestfriend mong Gago!"** Sabi ko bago sya tuluyang lagpasan.

Nasa huling baitang na ko ng hagdan pababa ng mapatigil ako. Ang buong Section E andun at nakatingala pa yung iba. Nakikinig sila sa usapan namin. Kuwaring wala akong paki-alam kaya nilagpasan ko nalang sila pabalik sa room.

*Mukang hindi magiging madali sakin ang pagpasok.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 203

**A/N**: NO EDIT! Pa-correct nlng po ng mga typo at wrong grammar. Tamad talaga ako magre-read. Kapag may time ako revise ko lahat ng chapter.

**Evil Phone**

***Jay-jay's POV***

Hatid at sundo! Lelang mo'ng panot hatid at sundo. Asa naman si Kuya susundin ko yon. Oo, natatakot ako sa kanya pero....*kingina!* Rebelde to men!

Nasa huling klase na kami para sa araw na to. Naka-survive ako ng walang masyadong nagiging koneksyon sa mga Ulupong. Except syempre sa katabi ko.

**"Uwian na!"** Malakas na sigaw nya na dinaig pa yung bell ng school. **"...Kain tayo ice cream."**

**"Ayoko."** Mabilis kong sagot habang inaayos ang gamit ko.

Bagsak ang balikat ni Ci pero pinilit nyang ngumiti sakin. **"Sige na..."**

**"Ayoko."**

**"Please..."**

**"Ci-N."** Tawag ko sa pangalan nya at sumeryoso naman sya sakin. **"...Ayoko. Intindihin mo yung salitang *ayoko*."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Lumabas na ko ng room at tuloy-tuloy lang sa paglalakad kahit naririnig ko pang tinatawag nila ko. Wala akong balak magpahatid kay Yuri.

Binilisan ko ang paglalakad at pagdating sa gate ng school, nakita ko ang pamilyar na kotse ng hudlong kong stepbrother. Tumakbo ako palapit don at malakas na kinatok ang bintana.

**"Wazzup?!"** Bati nya sakin habang tumataas baba pa ang kilay.

**"Umaano ka dito?"** Tanun ko.

**"Sinusundo si Felix. Bakit?"**

*Akala ko ako... Awtsu!*

**"Wala. Tinanung ko lang."** Walang buhay kong sagot.

Bigla nalang syang ngumiti ng malapad. **"Na-miss mo ko no?"**

Ayos din sa kakapalan ng muka tong isa to. Solid rock! Hardcore kung hardcore. Napa-ngiwi ako sa sinabi nya.

**"Kapal."** Bulong ko na sinadya ko ding iparinig sa kanya.

Tumunog ang cellphone nya at yun muna ang hinarap nya. Sandali syang nagpipindot bago ako harapin ulit.

**"Well, it's your lucky day."** Sabi nya at binulsa ang cellphone. **"...Hindi daw sasabay si Felix. Mag-meeting daw sila. Sakay na!"**

*Meeting?*

May meeting ang mga Ulupong. Siguro may pag-uusapan na naman sila. Wag lang sana tungkol sakin.

Sumakay na ko sa kotse ni Percy at sa passenger seat ako pumwesto. Kinabit ko ang seatbelt at nagmaneho na sya. Pakanta-kanta pa sya habang nakatingin sa daan.

" ***Ang gwapo ko! Ang gwapo ko! Ako ang pinaka-gwapo saming lahat!*** " Kanta nya na parang rap.

Gusto kong buksan ang pinto ng kotse nya habang umaandar at bigla nalang akong tatalon para masaya. Nag-uumpisa na naman sya sa mga kakornihan nya. Partida! Hindi pa sya lasing nyan ah.

*Normal sya nyan... Normal!*

Huminto ang kotse dahil sa traffic light naka-sign ng stop. Patuloy pa rin sa pag-ra-rap tong isa. Pinilit kong iiwas ang atensyon ko dahil nag-uumpisa na kong mainis.

Napatingin ako sa grupo ng kabataang naglalakad. May hawak silang skateboard at naka-helmet pa. Tuloy ang tawanan at asaran nila. Meron pang sasakay sandali sa skateboard at papaandarin yun.

**"Gusto mong matuto nyan?"** Tanung sakin ni Percy.

Hindi ko namalayan na tinitignan din pala nya yung tinitignan ko. Pinaandar na nya yung kotse pero nasa mga kabataan pa rin ang atensyon ko.

**"Gusto kong subukan."** Sabi ko.

Akala ko hindi nya ko narinig dahil tuloy-tuloy pa rin ang andar ng kotse at hindi pa rin sya sumasagot. Hinarap ko sya at uulitin ko sana ulit yung sinabi ko pero napatigil ako ng mapansin kong parang may hinahanap sya sa daan.

**"Saan na ba yun? Malapit lang dito yun."** Bulong pa nya.

Tinignan ko naman yung daan pero sari-saring stablishment lang ang nakikita ko. May tindahan ng damit, sapatos at meron pang spa with salon. Pero natapos ang paghahanap namin ng magpark sya sa tapat ng isang tindahan ng bike.

*Ang ganda ng mga bike!*

**"Tara!"** Aya sakin ni Percy.

Bumaba sya ng kotse at ganun din ang ginawa ko. Pinag-masdan ko muna sandali yung mga bike na naka-display sa labas bago pumasok sa loob.

Malaking tindahan na puro branded na pyesa ng bike at motor ang andito. Pero mukang hindi lang bike ang binebenta nila. May isang buong pader sila na puro skateboard.

**"Angas..."** Sabi ko habang napapangiti.

Lahat na yata ng klase meron sila. Meron din silang helmet at protection gear para sa tuhod at siko.

**"Anu po hanap nila?"** Tanung sakin isang lalaki.

Mukang sya yung isa sa salesman nila. May nametag din kasi sya na nakadikit sa kaliwang dibdib.

Si Percy ang sumagot sa tanung nya. **"Skateboard para sa first timer."**

**"Sa inyo po ba sir?"**

**"Hindi. Dito sa tomboy kong kapatid."** Seryosong sagot ni Percy.

Agad ko syang tinignan ng masama. Nung nakaraan pa sya. Kung anu-anu sinasabi nya. May nalalaman pa syang lalaki daw talaga ako.

*Transginger bro, transginger.*

Natawa lang naman yung lalaki. Nag-usap sila ng mga bagay na dapat bilhin para sakin. Nakikinig lang naman ako sa kanila---nung una. Meron din akong nakitang roller blades na pangbata at matanda.

Patuloy sa pag-uusap yung dalawa. Dahil wala na kong naiintindihan, pinili kong tumingin-tingin muna sa mga naka-display na bike.

Hindi ko maiwasan na hindi mamangha. Mas magaganda kasi ang model dito kesa sa pinag-bilan ko dati. Kung alam ko lang na may ganitong tindahan, dito nalang sana ako namili.

*Bike lover be like...*

Habang patuloy sa pagtingin, nag-umpisa na kong makaramdam ng kakaiba. Para bang may nakatingin sakin at nag-o-obserba. Tumingin ako sa paligid at hindi nga ako nagka-mali.

Tatlong lalaki ang nakatingin sakin. Kulay blonde ang buhok nung isa, samantalang brown naman yung isa pa, itim lang dun sa pinaka-maliit. Nag-bubulungan sila at mag-ngingitian na para bang nang-aasar.

*Problema ng mga to?*

Babalik na sana ako kay Percy ng mapatingin ako sa salaming pader ng tindahan sa harap. Kita kasi ang mga naka-park na sasakyan don. At kita'ng-kita ko yung malalaking motor na humabol sakin dati.

Binalikan ko yung mga lalaking nakatingin sakin kanina. Dun ko lang napansin yung itim na jacket na suot nila. Kapareho nung mga driver ng motor.

*Shit! Sila yun... Sila yung mga talipandas na humabol sakin!*

Mabilis kong binalikan si Percy. Kasalukuyan na syang nasa cashier at nagbabayad. Apat na malalaking paperbag ang inabot sa kanya nung lalaking kausap namin kanina.

**"Ako na namili... Bigla ka kasing nawala."** Sabi nya habang paglapit ko.

Huminga ako ng malalim at sandaling nilingon yung mga lalaki pero hindi ko na sila makita.

**"O-okay lang... A-alis na tayo?"**

Kita ko ang pagtataka sa kanya pero pinili nyang itago yun at ipag-walang-bahala.

**"Resibo nalang."** Sabi nya at hinarap ulit yung lalaki. **"...Saan ako pipirma?"**

Meron syang pinirmahan at binalik na sa kanya yung credit card nya kasabay ng resibo. Kinuha nya yung paperbag at inabot sakin.

**"Ako na nagbayad. Ikaw naman magdala."** Sabi nya at nagpa-una na maglakad.

**"Ang gentleman mo! Grabe!"** Sarcastic na sabi ko.

Tinawanan lang naman nya ko. Paglabas ng tindahan, wala na yung mga motor. Umalis na siguro yung mga lalaki kanina.

*Anu kayang kailangan nila sakin?*

Sa backseat ng kotse ko nilagay yung mga pinamili. Ang pinag-tataka ko lang kung bakit ang dami-dami nyang binili. Sumakay na ko agad pagka-ayos.

**"Saan tayo nyan?"** Tanung ko kay Percy.

**"Sa park."** Mabilis nyang sagot at pinaandar ang kotse.

Sandali lang ang naging byahe dahil hindi naman pala kalayuan sa tindahan yung park. Ang kakaiba lang sa park na to, sementado----walang damo. May puno pero nasa paligid lang.

Hindi pantay ang lupa, meron pataas at pababa meron kurba at meron parang bundok na maliit pero patag ang tuktok. Ang umagaw ng husto sa pansin ko ay yung gitna. May parang hukay na malaki.

Mags-slide yung mga naka-skateboard pababa tapos susulpot sila sa kabila na pataas na. *Ang astig!*

**"Suot mo to."** Utos ni Percy habang iniaabot ang helmet.

Ginawa ko naman yun. Inabot din nya sakin yung protection gear para sa tuhod at siko. At ang huli sa lahat, yung skateboard.

**"Muka na ba kong cool?"** Tanung ko.

**"Ref kaba para maging cool?"** Sarcastic na tanung nya.

Nawala yung excitement na nararamdaman ko at napalitan inis. Bwisit kasi tong kasama ko!

*Ref lang ba pwedeng maging cool?!*

Nililigpit nya yung basura at plastic na tinanggal nya. Habang ginagawa nya yun, naisipan kong kuhanin ang cellphone ko at nag-picture.

**"Mamaya kana mag-picture."** Bored na sabi ni Percy. **"...Tara na don."**

*Istorbo talaga to!*

Naglakad na kami palapit sa mga nag-skateboard. Sa halip na lumapit ako sa maraming tao pinili kong pumwesto sa may sulok. Nahihiya ako dahil hindi naman ako kagalingan.

**"Dito talaga tayo?"** Tanung ni Percy habang pina-pag-pag ng kamay ang isang bench.

**"Dito muna... Nahihiya ako."** Sabi ko at binaba ang skateboard.

Sinakyan ko yon ng isang paa. Tinignan ko muna yung mga expert na naglalaro. Gagayahin ko yung ginagawa nila.

Tinutulak nila yun gamit ang isa paa habang nakasampa naman yung isa. Tapos isasampa na yung parehong paa kapag sure na sa bilis ng pag-andar. Kapag bumagal, itutulak ulit.

*Kinakabahan ako pero na-e-excite.*

Sinubukan kong itulak ng isang paa. Mabagal lang ang ginawa ko hindi ko alam na medyo umuuga pala kapag nakasampa na. Sinubukan kong ulitin ng medyo malakas at malayong distansya.

**"Mali."** Komento ng kung sino.

Huminto ako sa ginagawa ko at tinignan sya. *Babae!* Lumapit sya sakin dala ang skateboard nya.

**"First timer?"** Tanung nya.

**"O-oo... Pinag-aaralan ko pa kung pano."** Sabi ko at sandaling tinignan si Percy.

**"Patingin ako."** Sabi nya patukoy sa skateboard ko.

Kinuha ko yun at inabot sa kanya. Sinipat-sipat nya na parang alam na alam nya ang ginagawa.

**"Bago lang pala... Matigas pa at walang gasgas."** Komento nya at binalik sakin. **"...turuan kita ng konting basic. Ako nga pala, Rheanna Raine. Ikaw?"**

**"Jasper Jean, Jay-jay nalang."** Sagot ko at nakipag-shakehands.

**"Tara, dun tayo sa mga tropa ko para malawak ang training ground mo."** Aya nya sakin at lumapit sa ibang grupo na nag-skateboard.

Tinignan ko si Percy at sinenyasan lang nya kong sumunod dun kay Rheanna. Dahan-dahan ang paglapit ko dahil sa totoo lang nahihiya pa ko.

**"Eto sya..."** Sabi ni Rheanna dun sa dalawang babaeng kaharap nya. **"...Jay-jay! Eto sila Sherri Ann at Kay-kay friends ko."**

Kumaway sila sakin at ganun din ang ginawa ko.

*Hi Kay-kay, i'm Jay-jay.*

**"Tuturuan ka namin."** Sabi Sherri habang naka-ngiti.

Nagsimula na silang mag-sabi sakin ng gagawin. Pati tamang pagtayo sa skateboard tinuro din nila. Mas malawak na ang ginagalawan ko kumpara kanina.

Napatingin ako sa pwesto ni Percy. Mukang naiinip na sya dahil nag-iisa sya don. Sinenyasan ko syang lumapit samin. Ayaw pa nya nung una pero halatang bored na bored na sya. Nakapamulsa pa sya paglapit samin.

*Lalapit ka din pala...*

**"Eto pala kapatid ko... Si Percy."** Pakilala ko sa kanila.

Bigla nalang namula ang pisngi nung Sherri habang kumakaway kay Percy. Panay naman ang siko ni Rheanna kay Kay-kay habang hindi inaalis ang tingin sa pinakilala ko.

Hinarap ko si Percy pero mukang hindi nya napapansin yung tatlo.
**"Percy... Si Rheanna, Sherri tsaka Kay-kay."**

Ngumiti naman si Percy sa kanila at naging dahilan yun para kiligin sila at muntik pang magtulakan. Napapa-ngiwi nalang ako.

*Hala sila...*

**"Tsk! Gwapo ko talaga."** Dinig kong bulong ni Percy.

Parang biglang lumakas ang hangin. Sa sobrang lakas muntik na kong tangayin. Tinignan ko sya ng masama pero tinawanan lang nya ko.

Sandali pa kaming nag-usap-usap nila Rheanna pero mukang malakas ang trip nitong si Percy. Kinuha nya ang cellphone ko at pinicturan ako. Pinasampa pa nya ko sa skateboard ng dalawang paa.

**"Marami ka nabang natutunan sa kanila?"** Tanung pa nya.

**"Medyo."** Alanganin kong sagot.

**"Tignan nga natin."** Sabi at ngumiti ng nakakaloko.

Bigla nalang nya kong tinulak ng malakas. Sa pagkabigla nakalimutan ko na lahat ng tinuro nila sakin. Ni hindi ko na maalala kung paano papahintuin ang skateboard. Mas lalu akong nataranta ng makita kong padiretso ako sa parang bangin.

*Malalaglag ako!*

**"Jay-jay!"** Sigaw ng isa sa kanila.

Naipikit ko nalang ang mata ko at pinakiramdaman ang paglagapak ng katawan ko sa sahig kasunod ng pagtama ng skateboard sa ulo ko.

*Buti nalang naka-helmet.*

**"Nice! Viral to!"** Sigaw ni Percy habang palapit sakin.

"*Buhay paba?*"

"*Anu bang nangyari?*"

"*Ang sakit non!*"

Dinig kong sabi ng mga taong lumapit sakin. Hindi ko magawang bumangon dahil sa kahihiyang nararamdaman ko. Lahat ng taong andito at nag-s-skate, nakita nila yon.

*Sana nawalan nalang ako ng malay.*

**"Jay-jay! Anung masakit sayo?"** Tanung ni Sherri habang tinutulungan akong tumayo.

**"Tatawag na ba kami ng Ambulance?"** Sabi ni Kay-kay.

Pagtayo ko, nagparamdam ang sakit sa likod ko. Bumalabag ako at una ang likod. Buti nalang talaga may suot akong protection gear pero hindi pa rin non nailigtas ang likod ko.

**"Ang sakit..."** Bulong ko habang pilit hinahawakan ang likod ko.

Inalalayan ako ni Sherri at Rheanna para makalakad at maka-upo ng maayos sa bench. Si Kay-kay ang may dala ng skateboard ko.

Si Percy? Ayun! Pinapanood yung vinideo nya habang tuwang-tuwa. May pahampas-hampas pa syang nalalaman sa hita nya. Nakatanga lang kami sa kanya.

**"Tignan mo yung itsura mo Jay!"** Sabi nya habang hinaharap nya yun phone ko sakin. **"...Muka kang natuyuan ng dugo!"**

*Bwisit talaga!*

Sa sobrang inis ko tinabig ko yung kamay nyang hawak ang cellphone ko. Parang nag-slow motion ang lahat. Lumipad ang cellphone ko at tumama sa helmet ng lalaking nag-skateboard malapit samin, lumipad ulit yun at tumama sa isang poste ng ilaw at lumagapak sa sahig.

Akala ko tapos na pero nagulungan yon ng skateboard, hindi lang isa, hindi lang dalawa....*tatlo!* Tatlong beses nagulungan at ang ending? Basag ang screen ng cellphone ko.

*Holy cow calabao!*

Nawala sa isip ko yung sakit na nararamdaman ko. Agad kong nilapitan yung phone ko sa sahig. Wala ng buhay! Wala na! Tegi-boom na!

**"Basag ang screen."** Komento ni Percy na nasa tabi ko na pala.

*At nagawa pa talaga nyang lumapit sakin!*

Tinignan ko sya ng masama at pinukpok sa ulo nya yung cellphone.

**"Animal ka! Kasalanan mo to!"** Sigaw ko habang patuloy sa paghampas sa kanya ng cellphone ko.

**"Aray! Aray! T-teka! Tama na!"**

Lumapit na rin samin sila Rheanna. Hawak pa rin ni Kay-kay yung skateboard ko.

**"Sira na nga tapos ipupukpok mo pa. Lalung nasira!"** Sabi ni Sherri.

Hininto ko ang paghampas kay Percy pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya. Maiiyak na ko talaga dahil sa lalaki na to. Tataas ang

Highblood ko sa kanya.

**"Patingin ako..."** Sabi ni Kay-kay habang nilalahad ang kamay. **"...baka pwede pang remedyuhan."**

Inabot ko sa kanya ang cellphone ko. Sinubukan pa nyang buhayin. Umilaw yon pero sandali tapos namatay ulit. Sinubukan ulit nya at bumukas na naman, mas matagal kesa sa nauna.

**"Pwede pa to... Dalin natin sa Kuya ko. Magagawa nya to."** Sabi nya.

**"Wag na! Bibili nalang kita bago."** Sabi ni Percy.

*Wow! Richkid be like...*

Agad ko syang binatukan. **"Ayoko ng bago!"**

**"Tara! Dalin na natin... Malapit lang dito yun."** Sabi ni Kay-kay.

Nag-nod naman ako sa kanya. Nauna silang naglakad at sumunod naman kami nitong baliw kong Stepbrother. Kaunting lakaran lang at nakalabas na kami ng park. Nakarating kami sa sinasabi ni Kay-kay.

*Cellphone repair shop.*

**"Kuya!"** Tawag ni Kay-kay habang binaba ang dala nya.

Binaba din nila Rheanna ang hawak nilang skateboard at naupo sa mahabang bangko. Tuloy-tuloy naman na pumasok si Sherri sa shop kagaya ni Kay-kay.

Lumabas ang isang matikas na lalaki. Naka-tshirt na blue at may kaunting dumi sa muka. Kinausap sya ni Kay-kay at inabot ang cellphone ko.

**"Screen lang... Nag-function pa ang phone."** Sabi nya sakin.

Nag-nod lang ako at hinayaan ko syang ayusin ang cellphone ko. Medyo matagal ang ginagawa nya. Nag-umpisa ng mainip sila Rheanna at Sherri kaya bumalik na sila sa Park. Sumunod na rin si Kay-kay sa kanila at kami nalang ni Percy ang naghintay.

Tinanggal ko na yung mga nakalagay sa siko at tuhod ko. Pati helmet inalis ko na din. Masama pa rin ang tingin ko sa putarages na blue eyes na to.

*Dukutin ko kaya mata nya?*

Inabot na kami ng dilim. Naka-balik na si Kay-kay at umuwi na daw yung mga kaibigan nya. Halos makatulog na ko sa sobrang tagal. Balak ko na sanang humiga sa mahabang bangko kundi lang ako tinawag nung gumagawa.

**"Miss..."** Sabi nya. **"...Okay na screen ng phone mo, pero may napansin lang ako."**

Taka ko syang nilapitan. Hinarap nya sakin yung phone ko at pinakita ang isang App na hindi pamilyar sakin.

**"O-T-J-101?"** Patanong kong basa sa pangalan ng Application. **"Anu yan?"**

**"Muka'ng virus pero nagf-function sya kagaya ng normal na App. Tsaka tignan mo..."** Pinindot nya yung icon para buksan. **"...Nanghihingi ng password."**

Wala akong maalala na nagdownload ako ng ganitong App. Hindi ko nga alam ang purpose nito. Kinuha ko yung cellphone ko at sinubukang i-un-install yung App pero nanghihingi na naman ng password.

**"Bakit ganito?"** Bulong ko at sinubukan ulit.

**"Muka talagang virus... Gusto mo iformat ko na?"**

Wala akong alam sa mga ganito. Hindi ko din alam kung anung kayang gawin nito sa cellphone ko. Sandali kong tinignan si Percy at kita ko ang pagka-inip sa kanya.

Hinarap ko ulit yung nag-gagawa. **"B-bukas nalang po siguro. Gabi na po kasi."**

Nag-nod naman sya sakin. Hinarap ko si Percy at sinenyasan na bayaran si Kuya. Naka-nguso naman syang lumapit at naglabas ng pera mula sa wallet. Nagpasalamat kami at umalis na.

Bumalik na kami sa pinag-paradahan ng kotse nya. Sa backseat ko ulit nilagay ang skateboard. Nakaupo na ko sa tabi ni Percy at nagkakabit na rin ang seatbelt. Tinignan ko ulit ang cellphone ko na parang bago----*bagong gawa!*

**"Anu kaya to?"** Tanung ko at sinubukang buksan.

**"Alin ba yon?"** Sabi ni Percy at tinignan ang ginagawa ko.

Pinakita ko sa kanya ang App. Wala syang naging reaksyon. Pinaandar na nya ang kotse at nagmaneho.

Malaking pala-isipan sakin ang Application na to. Ang lakas lang maka-gago. Wala talaga akong alam sa ganito, kaya hindi ko alam ang gagawin.

*Download lang ako ng download.*

**"Bakit hindi mo subukang itanung sa kaklase mo?"** Seryosong sabi ni Percy na nagpataka sakin.

**"Bakit ko naman itatanung sa kanila?"**

Sa kalsada lang nakatuon ang mata nya. **"May kaklase kang magaling sa computer."**

Sandali akong nag-isip. Isa lang ang kilala kong magaling sa computer. Sya lang din ang alam kong kumalikot sa cellphone ko.

*Edrix Knight Peñaflor*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 204

**Eruption**

***Jay-jay's POV***

*Password Incorrect!*

Mababaliw na ko sa Application na to. Hindi ko talaga maintindihan ang purpose nito. Hindi ako pinatulog nito at halos hindi ko bitawan ang cellphone ko kaka-tsek lang ng lintik na App na yan.

**"Nakikinig ka ba?"**

Napa-angat ang tingin ko kay Kuya. Nag-sisimula na naman kasi syang mag-sermon habang hinihintay ang sundo ko.

**"Obviously, hindi."** Singit ni Aries.

Inirapan ko agad sya. Tinago ko ang cellphone ko dahil masama na ang tingin ni Kuya don.

**"Uulitin ko... Bakit hindi ka sumabay kay Yuri kahapon?"** Tanung ni Kuya.

**"May dinaanan ako."** Mabilis kong sagot.

**"Saan?"**

**"Sa----."**

Hindi ko na natuloy ang isasagot ko ng makarinig kami ng busina ng kotse. Ilang sandali pa ay pumasok na si Yuri sa bahay at binati ang lahat ng good morning.

**"Mamaya mo na sila kausapin. Baka malate sila."** Sabi ni Tita Gema kay Kuya.

Nag-nod lang si Kuya at sinenyasan akong lumakad na. Tumayo na ko at naglakad palabas, nilagpasan ko lang si Yuri pero bago pa ko makalapit sa kotse nya huminto agad ako.

*Panu kung kasakay ko na naman yung hayop na yon?*

Yumuko ako at halos pagapang na lumapit sa kotse. Muka akong tanga na sumisilip-silip sa loob ng kotse mula sa likod. Kayalang dahil likod nga, hindi ko nakikita ang nakasakay sa harap.

Badtrip naman kasi! Panu kung kasakay ko na naman sya? Kakahiya naman kasi sa kanya, dami nyang kotse tapos makikisakay sya. Ano tag-hirap lang?!

*Hah! Hah! Karma yan bro!*

**"What are you doing?"**

Nanigas ang katawan ko ng marinig ang boses na yon. Kulang nalang idikit ko ang muka ko sa salamin ng kotse para lang hindi sya makaharap. Sinasabi ko na eh!

**"Again... What are you doing?"** Pag-uulit ni Keifer.

*Hinahalikan yung kotse!*

Dahan-dahan akong humarap sa kanya habang naka-yuko. Muka tuloy akong bata na kinakagalitan ng magulang. Bahagya akong umubo para alasin ang kabang nararamdaman ko.

**"N-none of your business."** Kuwaring walang buhay kong sagot.

Lalakad na sana ako papunta sa pinto ng back sest pero biglang hinarang ni Keifer ang braso nya habang naka-sandal ang palad sa salamin ng kotse.

Sinubukan kong dumaan sa kabila pero ganun na naman ang ginawa nya. Kinulong nya ko.

**"A-anu ba?!"** Naiinis kong tanung habang umiiwas pa rin ng tingin.

Panatag na ko sa ganung posisyon dahil alam kong hindi ko makikita ang mga mata nya. Kaylangan kong magpaka-tatag sa harap nya. Kailangan kong ipakita na malakas pa rin ako sa kabila ng ginawa nya.

**"Look at me."** Utos nya pero hindi ko ginawa. **"Look.At.Me."**

*Wag kang titingin...*

**"Look..."** Hinawakan nya ang baba ko at tinaas ang muka ko. **"...At..."** pinagtama nya ang mga mata namin. **"...Me."**

Agad na nagmura ang sistema ko. Nanginig ang kamay at tuhod ko ng makita kong ulit ang mga mata nya. Ang lapit lang ng muka nya sakin.

*Yung mata nya....*

Ayoko ng ganito. Makikita nyang apektado pa rin ako sa kanya. Napalunok nalang ako at kasabay non, ginawa ko ang pinaka-mabisang paraan para maalis ang paningin ko sa kanya.

Nagduling-dulingan ako. Masakit sa mata pero solid naman dahil blurred na ang mata nya sa paningin ko. Dalawa-dalawa nga lang ang nakikita ko.

**"What the hell."** Komento nya.

Okay lang kung pagtawanan nya ko. Wala akong pake! Basta maitago ko lang ang dapat maitago. Malabanan ko lang ang dapat malabanan.

*Ang sakit sa mata!*

Ang sakit nga lang talaga sa mata. Naipikit ko tuloy ang mata ko sabay hawak gamit ang dalawang kamay.

**"Napapala mo."** Dinig kong sabi ni Keifer.

Pinahinga ko sandali ang mga mata ko. Nang masiguro ko ng okay tsaka ko pa lang dinilat at tinignan ng masama tong kaharap ko. Hindi pa rin inaalis ang mga braso nya nagkukulong sakin.

**"Alis na!"** Sigaw ko sa kanya pero hindi sya gumalaw. **"Tang'na! Umalis ka sabi!"**

*Husay mang-bwisit nito!*

Unti-unti'ng gumalaw ang isang bahagi ng labi nya. Nag-smirk sya habang parang naghahamon ang tingin nya sakin.

**"Keifer."**

Tinignan ko yung tumawag. Si Yuri, ngayon lang yata ako nagpasalamat sa bigla nyang pagsulpot.

**"...Tara na."** Walang buhay nyang aya.

Hindi pa rin nawawala ang pag-ngisi nitong Hari sa harapan ko. Gusto ko na syang suntukin para mawala na yon sa pagmumuka nya.

**"Alis na!"** Sigaw ko ulit sa kanya.

Nilapit pa nya ang muka sakin na mas lalung kina-inis. Idinikit ko ang ulo ko sa salamin ng kotse para makalayo sa kanya pero walang saysay yun. Inihilig ko sa ibang direksyon at naging dahilan para mailapit ang bibig nya sa tenga ko.

**"Profanity."** Bulong nya at isang halik ang iniwan nya sa leeg ko bago tuluyang umalis at sumakay sa kotse ni Yuri.

Tuluyan ng nag-tambling ang puso ko. Parang nagka-roon ng surprise party sa loob ng katawan ko. Kulang nalang magkaroon ng competti.

*Surprise!!! Sabog na laman loob mo!*

Bakit ganito? Hindi na dapat ako nagpapa-apekto. Hindi naman dapat ih! Kayalang hindi marunong makisama ang katawan ko. Kusa silang nagre-react para sakin.

**"Jay-jay..."** Mahinang tawag sakin ni Yuri.

Unti-unti ko syang tinignan. Wala syang reaksyon pero nakalahad ang kamay nya sakin.

**"H-hindi ako sasabay."** Sabi ko.

**"Hindi pwede. Baka magalit si Angelo."**

Tinignan ko sandali ang loob ng kotse. Relax na relax ng naka-upo ang Dimunyung Kumag sa loob.

**"Ayoko syang kasabay."**

Malalim ang naging buntong hininga nya. **"Hindi pa pwedeng mag-drive si Keifer. Malalim ang naging sugat nya, kumikirot daw kapag ginagalaw nya ang buong braso."**

*Ang lagay ako ang mag-a-adjust?!*

**"Tsk! Kainis!"** Sabi ko at naglakad na palapit sa pinto ng backseat.

Padabog akong sumakay sa loob. Hindi ko talaga tinignan ang Animal na Hari. Sa bintana lang ang tingin ko.

Sandaling sumagi sa isip ko ang sinabi ni Yuri. *Kumikirot kapag ginagalaw ang buong braso?* Eh anung ginawa nya kaninang pagharang sakin? Ginalaw nya ang buong braso nya!

*I smell something fishy!*

Etong Dimunyu na to, ginagamitan na naman ako ng galawang Ulupong. Bwisit! Kahit kailan talaga.

Pagdating sa parking ng school, agad ulit akong bumaba. Hindi ko na sila hinintay at mabilis na naglakad papasok sa room. Binati ako ng iba sa kanila pero hindi ko sila pinansin.

**"Good morning."** Bati ni Ci-N pag-upo ko.

Hindi ko rin sya pinansin at dumukdok nalang sa table ko. Ramdam ko ang pagdaan ng mga Ulupong sa harap ko. Hindi ko alam kung sinasadya ba talaga nila yun o ano.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Ci habang kinakalabit ako. **"...Uy."**

Inangat ko ang ulo ko at inis syang tinignan. Naka-ngiti sya sakin habang inaabot ang chocolate na hawak.

**"Ayoko."** Sabi ko at muling dumukdok pero kinalabit na naman nya ko.

**"Sige na. Bago pa nila kunin."** Pagpipilit nya.

*Tsk! Kulit!*

**"Ayoko nga. Itago mo kung ayaw mo silang bigyan."** Iritable kong sagot.

Babalik na sana ako sa pagdukdok pero ganun na naman ang ginawa nya. Nag-uumpisa ng uminit ang ulo ko sa kanya.

**"Para sayo to."** May halong paki-usap nyang sabi.

**"Ayoko nga! Anung bang hindi mo maintindihan sa salitang ayoko?!"** Sigaw ko sa kanya.

Kita ko ang takot at lungkot sa kanya pero pinilit nyang itago yun sa pag-ngiti ng matamis sakin.

**"Sige itatabi ko nalang. Maya nalang natin kainin."** Sabi nya habang nilalagay sa bag yung chocolate.

Napatingin ako sa mga Ulupong na nakatingin din samin. Agad silang umiwas at kuwaring busy sa mga ginagawa. Nag-tama pa ang tingin namin ng Kumag na Keifer.

*Tignan mo resulta ng ginawa mo!*

Inirapan ko sya at humarap nalang sa pinto. Ang bigat ng pakiramdam ko sa totoo lang. Sinisigawan ko si Ci-N pero hindi sa ganitong paraan. Huminga ako ng malalim at kinuha ang headset at cellphone ko sa bag.

Balak ko sanang makinig ng music ng mapatingin na naman ako sa OTJ101 App. Hindi ko pa rin ma-un-install ang lintik na application na to.

Hinanap ko si Edrix sa paligid at hindi naman ako nabigo. Nakataas pa ang paa nya habang naglalaro sa cellphone nya. Tumayo ako at naglakad palapit sa kanya.

Ramdam ko ang pagsunod ng mga mata nila sakin. Para bang bawat gawin ko kaylangan nilang alamin.

**"Edrix."** Tawag ko sa kanya.

Taranta nyang hininto ang paglalaro kasabay ng pagbaba ng paa nya sa sahig. Puno ng pagtataka ang itsura at parang may nababakas din akong excitement sa kanya.

**"B-bakit?"** Tanung nya.

Hinarap ko ang cellphone ko sa kanya. **"Alam mo ba kung anu to?"**

Hindi pa man din nya nakikita ng maayos hinarap na ulit nya ang cellphone nya at umiling.

**"H-hindi ko alam yan."**

*Hindi mo pa kaya nakikita ng maayos!*

Nagsalubong ang kilay ko sa inasta nya. Pakiramdam ko ayaw nyang tignan ang cellphone ko. Binaba ko ang cellphone sa lamesa nya.

**"Magaling ka sa mga gadget at computer diba? Un-install mo yan sa phone ko, o kaya format mo nalang."** Medyo inis na utos ko.

Kinagat ni Edrix ang ibabang labi nya. Ipinunas din nya ang palad sa hita. Mas lalung nagsalubong ang kilay ko. Kakaiba ang kilos nya. Masyadong obvious at parang may tinatago sakin.

*Hindi ako imbestigador pero hindi kita tatan-tanan!*

**"K-kasi... Jay-jay."** Alanganin nyang sabi. **"...H-hindi ko kaya."**

Napataas ang isang kilay ko. Kulang nalang dumikit na sa kisame sa sobrang taas.

**"Hindi mo kaya?"** Sarcastic na tanung ko. **"Sinong niloko mo? Sarili mo?"**

Sandaling tumingin si Edrix kay Keifer. Tumibay ang hinala ko dahil don. Nag-uumpisa na namang kumulo ang dugo ko.

Kinuha ko ulit ang cellphone ko at hinarap ulit sa kanya.

**"Tignan mo!"** Inis na utos ko. **"Uulitin ko ang tanung. Alam mo ba ang App na to?!"**

Hindi sya makasagot. Bubuka ang bibig nya para magsalita pero agad din nyang babawiin. Hindi na sya mapakali sa kina-uupuan nya hanggang sa nauwi yun sa paghimas ng batok nya.

*SINASABI KO NA!*

Pabagsak kong binaba ang cellphone ko sa lamesa nya. Gumawa pa yon ng tunog dahilan para maagaw ng tuluyan ang atensyon nila.

**"Sagutin mo ko! Nagsisimula na kong mapikon!"** Sigaw ko sa kanya.

Pumikit sya ng madiin kasabay ng pagkagat ulit sa labi. Huling-huli na may tinatago talaga sila sakin. Eto na naman sila, may ginawa na naman sila na hindi ko alam. Pinagkaka-isahan na naman nila ko.

Nasuntok ko ang lamesa dahil sa naisip ko. Ayoko na! Hindi na ko papayaga na gawin na naman nila sakin yun.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ng iba pero nakay Edrix pa rin ang atensyon ko.

Lumunok muna sya at huminga ng malalim bago ako muling harapin. Kinuha nya ang cellphone ko at nagulat ako ng nabuksan nya ang lock ng hindi tinatanung sakin ang password.

Pinindot nya ang App para buksan at ng manghingi ng password sya narin ang naglagay. Tuluyang bumukas ang Application at hinarap nya sakin.

*Sya nga ang naglagay non sa cellphone ko.*

**"OTJ101 stands for Operation Tracking Jay-jay Version 10.1."** Sabi nya at binaba ang cellphone sa lamesa. **"A-ako nag-program ng App na yan para malaman ang location ng phone mo. Signal ang gamit nito kaya mas madaling gamitin kumpara sa ginagamit ng mga Police at regular na tao."**

Kaya pala! Kaya pala alam na alam nila kung saan ako pupuntahan. Kaya pala kapag nasa alanganin ako o kaya nasa gitna ng away, natutulungan nila ako.

**"E-eto pala yung dahilan."** Halos pabulong kong sabi.

**"B-bukod don..."** Dagdag ni Edrix. **"...Naka-link ang App na to sa isa pang cellphone."** Tinignan nya si Keifer kaya napatingin na rin ako sa kanya.

Wala syang reaksyon. Nakikinig lang din sya kagaya ng ginagawa ng iba. Hindi ko maiwasan an hindi sya tignan ng masama.

**"Lahat din ng text message mo at phone calls, pumapasok sa App na yan. Kaya yung naka-link na phone, nababasa din ang messages mo at naririnig din ang phone calls mo."** Paliwanag pa nya.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Gulat at galit ang naging reaksyon ko kay Edrix. Para akong bantay sarado sa ginawa nya. Para akong nawalan ng karapatang maging malaya.

*Nawalan ako ng Privacy.*

**"B-bakit mo yan n-nilagay sa cellphone ko?"** Tanung ko habang pilit pinapahinahon ang sarili.

Yumuko si Edrix. **"D-dahil sa naging pagkikita nyo ni P-percy dati."**

*Fvcking shit!*

Nahilamos ko ang muka gamit ang palad ko. Parang hindi totoo, hindi ko alam kung panu nyang nagawa ang bagay na to.

**"Kaninong cellphone naka-link yan?"** Tanung ko ulit.

**"K-kay Keifer."**

Awtomatikong dinampot ng kamay ko ang cellphone ko sa lamesa at buong lakas na binato kay Keifer. Hiniling ko na tumama yun sa muka nya pero naka-ilag sya sa paghilig lang ng ulo nya pakanan.

*Durog ang cellphone ko.*

Hindi ko na mapigilan ang galit ko. Gustong-gusto ko ng basagin ang muka nya. Gusto ko na silang banatan isa-isa. Hindi ko alam na aabot pa sila sa ganito.

**"Ang tindi mo!"** Madiin na sabi ko kay Keifer. **"Talagang wala kang patawad!"**

Nanatili syang walang reaksyon. Nakatingin sakin na parang walang paki-alam.

**"Pursigido ka talaga sa plano mo no?! Pati mga bagay na pribado pinang-hihimasukan mo!"** Sigaw ko. **"...Ganyan kaba talaga kalupet?!"**

Sa halip na sagutin ako inirapan lang nya ko dahilan para mapuno ako. Malalaki ang hakbang ko palapit sa kanya. Handa na sana akong suntukin sya sa muka pero may kamay na humawak sakin. Niyakap ako sa bewang mula sa likod at binuhat palayo kay Keifer.

**"Bitiwan mo ko!"** Sigaw ko habang nagpupumiglas.

**"Tama na! Tumigil ka na!"** Boses ni Yuri.

*Ako pa talaga ang titigil?!*

Inilabas nya ko ng room. Nang masigurong malayo na ang distansya ko dun palang nya ko binaba. Tinignan ko sya ng masama kasabay ng pagtulak sa kanya palayo sakin.

**"Jay..."**

**"Ang tindi nyong mag-bestfriend ano?! Solid na solid ang pagiging Gago nyo!"** Galit na sabi ko. **"...Sulutin mo na galit ko! Baka may hindi pa ko alam, sabihin mo na!"**

Malalim ang paghinga ko. Parang bang napakarami kong ginawa. Sa bawat araw na tumatagal ako sa mga Ulupong na to lalung bumibigat ang dibdib ko. Gusto ko ng dukutin ang puso ko para mawala na ang sakit.

**"Jay... Please."**

Nasuklay ko ang buhok ko gamit ang kamay ko. Pinilit kong pigilan pero kusang lumabas ang mga luha ko sa sobrang galit. Sabi ko hindi na ko iiyak, pero eto na naman. Nag-uunahan pa sila na parang bang may karera.

*Mahuli magiging muta!*

**"Pwede tama na?! Hirap na hirap na kasi ako..."** Napahawak ako sa dibdib ko. **"...tigilan nyo na ko."**

Buong akala ko noon ako ang may problema. Ako ang mali dahil halos pinag-sabay ko sila nung Gagong Kumag. Akala ko mali ako dahil pina-asa ko si Yuri.

Muntik pang bumaba ang tingin ko sa sarili ko dahil pakiramdam ko malandi ako. Kulang nalang ihilera ko ang sarili ko sa mga babaeng nakapila sa plasa at nag-aabang ng customer.

*Kaladkarin in other words!*

Ang haba ng hair ko, dala-dalawang lalaki ang nagkakagusto sakin. Halos hindi ako makatulog sa kakaisip sa kanila. Kakaisip na masasaktan ang bawat isa samin sa magiging kilos ko. Kinain ako ng konsensya ko pero pilit tinago yun sa pag-ngiti habang kasama ko ang mahal ko.

Yun pala dala-dalawang lalaki ang nanloloko sakin. Ako pala ang pinapa-asa sa wala. Kung malandi ang tingin ko sa sarili ko noon, tanga naman ngayon. Sobrang tanga ko kulang nalang magpatayo ako ng sarili kong rebulto.

*Pambansang tanga ng Pilipinas!*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Yuri. **"...I'm sorry."**

**"May nabago ba ng sorry mo ang ginawa nyo?"**

Hindi na sya nagsalita pero ang mainit nyang katawan ang sumagot ng tanung ko. Mahigpit ang naging yakap nya sakin.

Nang-hihina na ko para labanan pa sya. Pagod na pagod ang katawan ko. Suko na ang utak ko at halos bumigay na ang puso ko sa sakit.

*Gusto ko ng sumuko.*

At parang yun din ang gusto ng buong sistema ko. Unti-unting nawawalan ng lakas ang tuhod ko at bigla nalang akong nanlambot. Kasunod non ang padilim ng paligid ko habang naririnig ang boses ni Yuri.

**"Jay-jay!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 205

**Visit Kiko**

***Jay-jay's POV***

**"Kumakain kaba ng maayos?"** Tanung sakin ng nurse.

Hindi ako makasagot. Ang totoo, ilang araw na kong hindi nakaka-kain ng maayos. Madalas akong hindi naghahapunan, minsan nalang ako makapag-almusal ng kanin laging tinapay at hindi rin ako makakakain ng maayos ng pananghalian.

**"H-hindi po talaga."** Mahinang sagot ko.

**"Kaya naman pala eh..."** Sabi nya at tumayo.

Meron syang kinuha sa table nya at bumalik. Dalawang lunch box at meron pang isang litrong juice. Ibinaba nya yun sa table sa tabi ng kama'ng hinihigaan ko.

**"Dala yan ng mga classmate mo. Para sayo daw."** Nakangiti nyang sabi. **"...Mabilis manghina ang katawan mo dahil hindi ka kumakain ng maayos."** Meron syang nilagay na gamot sa tabi ng lunch box. **"Pagkatapos mong kumain, inumin mo to."**

Nag-pilit ako ng ngiti kasabay ng pag-nod sa kanya. Iniwan nya ko at bumalik sa table nya. Tinignan ko yung lunch box sa side table. Kinuha ko yun at binuksan. Puno ng pagkain at alam kong si Eman ang nagluto nito.

*Pero ayokong kumain.*

Wala akong gana kahit nanginginig na ang katawan ko sa gutom. Hindi dahil ayoko ng pagkain pero dahil mabigat sa pakiramdam kapag naalala ko kung sinong nagluto nito.

Napatingin ako sa nurse at sakto namang napatingin din sya sakin. Ngumiti sya bago bumalik sa ginagawa.

Kung hindi ako kakain, hindi ako makaka-inom ng gamot. Hindi ako makaka-alis dito. Kaya kahit mabigat ang loob ko, sinimulan kong kumain.

*Na-miss ko to!*

Binilisan ko ang pagkain at ininom ang gamot na binigay sakin ng Nurse. Balak ko pa sanang magpahinga pero alam kong pupuntahan ako ng mga Ulupong na yon dito maya-maya lang. Tumayo ako at inayos ang uniform ko.

**"Saan ka pupunta? Dapat magpahinga ka pa."** Sabi ng Nurse sakin ng makita nya kong nakatayo at nag-aayos.

**"B-babalik na po ako sa room."** Palusot ko.

**"Pero kaylangan mo pang magpahinga."** Pagpipilit nya.

Wala akong balak makipag-pilitan sa kanya. Sandali pa nya kong pinagmasdan at ng mapag-tanto na hindi talaga ako papa-awat, sumuko din sya. Hinayaan nya kong umalis ng clinic.

Wala akong balak bumalik sa room, nagpatuloy ako sa paglalakad pero papunta na sa gate ng school. Tanging pera sa bulsa ko lang ang dala ko. Wala na kong cellphone, nadurog na kanina.

*Dapat tumama sa muka nya para hindi ako nanghihinayang ng ganito.*

Malapit na ko sa gate ng school ng masalubong ko ang ilan sa kalalakihan ng Section A. Malakas ang mga boses nila kaya hindi ko maiwasan na hindi marinig.

**"...Grabe! Kawawa talaga si Kiko."** Sabi ng isa sa kanila na umagaw ng atensyon ko. **"...Hindi na sya makakapaglaro ng basketball."**

**"Nakakatakot yun... Mahirap talagang kalaban si Keifer."** Sagot ng nasa gitna.

**"Mas malupet yung nagsumbong sa kanya sa guidance ora mismo expulsion."** Gatong ng nahuhuli sa kanila.

**"Ganun yata talaga kapag malakas ang kapit sa school. Aries Fernandez ba naman eh."**

*Si Aries ang nagsumbong sa guidance?!*

Naguluhan ako sa sinabi nila. Panung nangyari na si Aries ang nagsumbong at expulsion agad-agad? Napailing ako habang nagpatuloy sa paglalakad.

Kung kanina hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon parang meron na kong ideya. Humanap agad akong pwedeng masakyan.

Hindi nagtagal, isang taxi ang parating na agad ko namang pinara. Huminto ito at ng pasakaya na ko...

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ng kung sino.

Paglingon ko, galing sa school at tumatakbong palapit sakin si Yuri. Agad akong sumakay at sinara ang pinto.

**"Benedict Hospital po!"** Nagmamadali kong sabi.

Mabilis na umandar ang kotse bago pa man makalapit ng tuluyan si Yuri. Nasa kanya pa ang paningin ko habang umaandar ang taxi. Huminto sya sa gate at hindi inaalis ang tingin sakin.

*Gusto ko munang lumayo.*

Alam kong eto yung tama. Pakiramdam ko hindi ako makahinga kapag nasa school ako. Para akong sinasakal ng kung sino. Para akong manika na kotrolado ng naglalaro.

Umabot ng mahigit 30 minutes ang byahe dahil na rin siguro sa layo ng school. Butas ang bulsa ko sa pamasahe. Hanep yan!

*Eto na naman yung pang-mayamang ospital.*

Kagaya dati kakaunti lang ang tao dito. Andun pa rin yung parang park nila sa tabi ng building ng mismong ospital. Naglakad ako papasok sana sa main entrance pero napahinto ako ng mapansin ko yung lalaking naka-wheel chair sa gitna ng parang park.

May hawak syang saradong libro habang nakatingala at dinadamdam ang hangin na galing sa mga nakapaligid na puno.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanya at pinagmasdan sya. Wala na yun neck brace nya at mga sugat. Pero andun pa rin yung nakabalot sa kaliwang paa at kanang kamay nya.

**"K-kiko."** Mahinang tawag ko sa kanya.

Una nyang dinilat ang isang mata at sumunod naman ang isa pa ng makilala nya ko. Bahagya syang umayos ng upo at ngumiti sya sakin.

**"Jay-jay..."** Bati nya. **"...kamusta?"**

Ngumiti din ako at bahagyang umupo para mapantayan sya. Medyo tumataba na sya, hindi kagaya non na ang payat nya tignan. Umaliwalas din ang muka nya at hindi na maputla.

**"Ikaw ang kamusta... Mukang malapit ka ng makalabas ah?"** Kuwaring pang-aasar ko.

Sa halip na sumagot pinag-masdan nya ang muka ko. Para bang binabasa nya ang iniisip ko. Ang kaninang ngiti nya ay unti-unti ng nawawala.

**"Pwede mo bang kong tulungan?"** Tanung nya. **"...gusto ko kasing maikot yung lugar. Patulak naman ng wheelchair."** Paki-usap nya.

Ngumiti ako at nag-nod. Tinulak ko yung wheelchair na sinasakyan nya kagaya ng paki-usap nya. Sinusundan ko lang yung pathway sa gilid.

Mabagal din ang bawat hakbang ko dahil sa totoo lang ang tahimik ng paligid at ang sarap sa pakiramdam.

**"Magkwento ka naman..."** Sabi nya. **"...Ang tagal mong hindi nagpakita sakin. Akala ko madalas mo kong dadalawin."**

**"S-sorry... Naging busy lang kasi."** Alinlangan kong sagot.

**"Busy saan?"**

**"Sa m-mga nangyari."**

Sandali syang hindi nagsalita. Para bang iniisip pa nyang mabuti ang sunod na sasabihin.

**"Mind telling me what happen?"** Parang nag-aalala ang tinig nya.

Huminga ako ng malalim. Nagpunta talaga ako dito para alamin kung totoo na yung mga narinig ko. Gusto ko na rin syang kamustahin.

Pero parang hindi na yon yung dahilan. Inihinto ko ang pagtutulak at bahagyang tinabi ang wheelchair malapit sa isang bench. Naupo naman ako don para magkaharap na kami.

**"You look pale. May sakit kaba?"** Tanung nya.

Ngumiti ako at umiling. **"Pagod lang ako."** Kinagat ko ang ibabang labi ko. **"...pagod na pagod na ko sa mga nangyayari sakin."**

**"Jay..."** Tawag nya sakin. **"...Sinabi sakin ng mga Section A na nagkagulo daw kayo."**

Ako dapat ang nanga-nga-musta sa kanya pero parang baliktad ang naging sitwasyon namin. Dapat yata ako na ang magpa-confine dito sa ospital.

Huminga ako ng malalim. **"Naranasan mo na bang magpagka-isahan?"**

**"Well..."** Tinignan nya ang nakabalot sa binti at braso nya. **"...yeah."**

*Obvious naman kasi!*

Bahagya akong natawa sa tanung ko. Sya pala ang mas malala dahil kanda bali-balit ang buto nya. Kumpara naman sakin na buhay na buhay at nakaka-tayo.

**"Ang daya kasi... Pakiramdam ng niloko at pinaglaruan. Buti sana kung sa school lang kaso pati sa bahay."** Parang batang sumbong ko.

**"Kaya pala nagkaka-ganyan ka."** Sagot nya sakin. **"...Okay lang yan. Hindi ka naman papabayaan ni Aries."**

*Wew!*

Si Aries pa talaga?! Edi wow!

**"Pfftt... Si Aries. Eh isa pang hudlong yun. Isa pang dahilan ng paghihirap ko."** Medyo inis na sabi ko.

Tinignan nya ko ng may pagtataka. **"Bakit naman?"**

**"Kapatid ko pa pala yung Horoscope na yun. Tapos galit na galit sya sakin sa hindi ko malaman na dahilan."**

Medyo tumabingi ang ulo nya at parang nag-iisip. **"Weird."**

**"Talagang weird."**

**"Pero nung pinagtangkaan kita... Sya ang dumating para pagilan ako."**

Natigilan ako sa sinabi nya. Si Aries ang dumating? Imposible! Yung magbestfriend kaya ang tumulong sakin.

Kuwari akong tumawa. **"Mukang nagka-amnesia ka na dala ng pagkakabugbog sayo. Sila Keifer at Yuri kaya ang tumulong sakin."**

Seryoso nya kong tinignan na may halong pagtataka. Huminto ako sa pagtawa at bahagyang umubo para alisin ang pagka-ilang na nararamdaman ko.

**"No. It was Aries and now that we talk about it. I remember what he shouted before punching me. '*Let go of my sister*'."**

Naguluhan ako ng sobra. Panu nangyaring si Aries yun? Hindi ko maintindihan.

**"Pero ang sabi sakin nila----."**

**"Jay-jay!"**

Natigilian ako at napatayo habang nakatingin sa tumawag sakin. Nanlaki ang mata ko kasabay ng pagsalubong nh kilay ko.

**"Anung ginagawa nyo dito?!"** Galit na tanung ko.

**"Nag-aalala kami sayo kaya sinundan ka namin."** Sabi ni Ci-N.

**"Sino yan Jay?"** Tanung ni Kiko na nakatalikod sa mga Ulupong.

Tinulak ko paikot ang wheelchair para makita nya ang nakikita ko. Agad na nag-iba ang expression ni Kiko. Para bang natatakot sya na hindi ko maintindihan.

Kaharap lang naman nya ang mga bumugbog sa kanya. Isama pang ang sama ng tingin nila sa kanya.

**"You look great."** Sarcastic na sabi ni Keifer.

*Panu ako nahanap ng mga Ulupong na to?*

Durog na yung cellphone ko. Wala naman akong pinagsibihan ng pupuntahan.

**"P-panu nyo nalaman na andito ako?"**

Walang sumagot sa kanila pero pare-pareho silang tumingin kay Keifer na at dun pa lang nakuha ko na ang sagot.

**"I have ways."** Sagot ng Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

Tumalim ang tingin ko sa kanya. Sana lang talaga totoo yung nakakamatay na tingin----*para alam na this!* Bwisit kasi! Anu na naman ba ang ginamit nya ngayon?

**"Bwisit ka!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Jay... Bumalik na tayo sa school."** Sabi ni Yuri at sya naman ang tinignan ko ng masama.

**"Talagang tumawag ka pa ng resbak! Ang tindi mo!"** Inis na sabi ko.

**"Jay! Nag-aalala lang naman kami sayo."** Singit ni Felix.

*Putik naman!*

**"Hindi ko kailangan ng pag-aalala nyo. Lalu kana!"** Turo ko kay Yuri. **"...At ikaw!"** Turo ko kay Keifer. **"Napaka-sinungaling mo!"**

**"Jay-jay!"** Sita sakin ni Calix.

**"Sinabi na sakin ni Kiko! Hindi kayo ang nagligtas sakin nung pinagtangkaan nya ko!"**

Nagtinginan si Keifer at Yuri. Mukang hindi nila inaasahan na malalaman ko yun.

**"Jay... Yun ang paki-usap ni Aries samin kaya yun----."**

**"SINUNGALING!"** Galit na sigaw ko kay Yuri. **"...Yun ang sinabi nyo dahil sinamantala nyo yung sitwasyon namin!"**

**"Jay! Makinig ka naman!"** Pilit ni Eman.

**"At pagkatapos ano?! Lolokohin nyo na naman ako! Tangina! Maawa naman kayo sakin!"**

**"Jay-jay naman! Wag ka naman mag-isip ng ganyan!"** Paki-usap ni Kit.

Sobrang bigat ng nararamdaman ko. Kakasabi ko lang na lalayo muna ako kahit ngayong araw lang pero eto sila at kaharap ko na naman.

*Talagang gusto nilang nahihirapan ako!*

**"Kung pwede umalis na kayo. Ayoko muna kayong makita."** Mahinahon kong sabi.

**"Jay-jay."** May halong paki-usap sa boses ni Yuri.

**"Kailangan na ring magpahinga ni Kiko. Nakaka-istorbo kayo sa kan----."** Naputol ang sasabihin ko ng makita kong wala na sya sa tabi ko.

Hindi ko naramdaman o napansin na umalis sya. Hindi rin naman nya maitutulak ang sarili dahil isang kamay lang ang gumagana sa kanya.

**"YaaaaaaaHoooooooo!"** Sigaw ng kung sino.

Pare-pareho ang kaming napatingin don at ganun nalang ang takot at gulat ko ng makita ko si Ci-N na naka-kandong kay Kiko habang marahas namang tinutulak nila Drew at Eren ang wheelchair.

*Jusko po! Yung pasyente!*

**"Bilis pa! Bilis pa!"** Sigaw ni Ci-N habang nakataas ang dalawang kamay.

Dali-dali akong tumakbo palapit sa kanila. Kung hindi namatay sa bugbog si Kiko baka mamatay naman sa sakit sa puso dahil sa mga sira-ulong to.

**"Itigil nyo yan!"** Sigaw ko habang hinahabol sila.

Pero mukang wala silang balak pakinggan ang sinasabi ko. Mas binilisan pa nila ang pagtulak. Huli ko na napansin na tumakbo din pala si David para pigilan sila.

Hinarang nya ang wheelchair at parang kotse na pumreno ang mga Gago bago pa nila mabundol si David. Huminto sila at kinuha ko ang pagkakataon para itulak ng malakas si Eren at Drew.

Hinatak ko din si Ci-N para maka-alis sa pagkaka-kandong kay Kiko. Agad ko ding sinuri si Kiko.

**"Ayos ka lang? May masakit ba sayo?"** Tanung ko.

Malalim ang paghinga nya at parang naubos ang dugo sa muka dahil sa pamumutla. Hindi ko sya masisisi kung natakot sya, kahit ako natakot din.

*Hindi nga lang namutla ng ganyan.*

Hindi pa sya nakakalabas ng ospital pero mukang madadagdagan pa yung sakit ng katawan nya.

**"J-jay... P-please lang. U-umalis na k-kayo ng mga k-kasama mo."** Sabi nya habang patuloy pa rin sa paghahabol ng hangin.

**"Hoy! Anung ginagawa nyo sa pasyente ko!"** Sigaw ng isang Nurse na tumatakbo palapit samin.

**"S-sorry Kiko... Hindi ko alam na gagawin nila yun."** Sabi ko.

Hindi na sya nakapagsalita ng makalapit na ang Nurse samin. Tinignan nya si Kiko sandali at agad na tinulak ang wheelchair palayo samin.

Nakatanaw lang ako sa kanila hangang ipasok sya sa entrance ng ospital. Ako yung nahihiya sa nangyari.

Dun ko lang din napansin na pinagtitinginan na pala kami ng ibang tao. Pasyente, nurse, doctor at mga bumibisita lang ata.

**"S-sorry, Jay."** Sabi ni Ci-N.

Nakayuko sya habang pinaglalaruan ang daliri sa kamay. Nakakainis! Gusto ko syang sigawan at sisihin pero wala na ring saysay yun.

**"Kapag mas lumala pa si Kiko, lagot kayo sakin."** Banta ko kila Ci-N, Eren at Drew.

**"I can't believe this."** Inis na sabi nung Keifer. **"...Mas kinakampihan mo pa sya! As far as i remember he tried to rape you!"**

Tinignan ko sya ng masama. **"At least his not a liar like you."** Sabi ko at naglakad na paalis.

Malalaki ang bawat hakbang ko para mabilis na makaalis. Pero anung saysay ng hakbang ko sa haba ng binti ng mga ugok. May bigla nalang humawak sa braso ko at kinaladkad ako palapit sa kotse.

*Hari ng mga Dimunyung Ulupong!*

**"Bitiwan mo nga ako!"** Sigaw ko sa kanya.

Hindi sya nagsalita. Patuloy lang sya sa paghatak na sakin na mas lalu ko pang kinainis. Bwisit tong Kumag na to! Kahit kelan....*walang mintis!*

**"Bitaw!"**

Huminto kami sa harap ng kotse ni Yuri. Nagulat ako ng buksan nya ang pinto at pilit kong tinutulak papasok sa loob.

*Wow! Ikaw may-ari ng kotse?!*

**"Anu ba!"** Sigaw ko habang nagpupumiglas.

**"Get in!"** Utos nya.

**"Ayoko!"**

**"Fvck! Get in!"**

**"Pvta!"**

**"GAD DAMN IT!"** Malakas na sigaw nya kasabay ng pagsuntok sa nakasaradong pinto ng kotse.

Napahinto ako kasabay ng paghinto ng tibok ng puso ko. *Nakakatakot!* Ilang beses ko na syang nakitang ganito pero hindi ko pa rin maiwasan na hindi matakot. Nanginig ang tuhod ko dahilan para mapasandal ako kotse.

*Shit! Hindi ko inaasahan yun!*

Unti-unti ko syang tinignan at dun ko lang nakita ang galit na galit nyang mga mata. Yung tinging ibinibigay nya kapag handa na syang pumatay ng tao.

**"One more time... Jasper Jean. One more time na lumapit ka sa Kiko na yun, sisiguraduhin kong hindi na sya sisikatan ng araw."** Banta nya ng hindi ako tinitignan.

Dahan-dahan nyang inalis ang kamaong nakadikit sa pinto ng kotse. Kita'ng kita ang yupi nito dahil sa malakas nyang suntok.

**"Now, get in the car."** Mahinahon nyang utos.

*Sunod na! Baka ikaw naman suntukin nyan!*

Nanginginig pa ang katawan ko ng sumakay ako ng kotse. Para akong nawala sa sarili dahil sa takot. Ang alam ko galit dapat ako sa kanya, bakit bigla atang bumaliktad.

Hindi ko alam kung anung kapangyarihan meron tong Keifer na to. Nalalaman kung nasan ako tapos ngayon nagagawa nyang baliktarin ang sitwasyon.

*Bwisit kang Hari ng mga Ulupong! Bakit ba may impact ka parin sakin!*

++Don't forget to Vote, Comment, and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**FB Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 206

**A/N:** Sorry for the wrong spelling and grammar...

**Switch**

***Jay-jay's POV***

Naranasan mo nabang gumising na parang ayaw mo na? Ayaw mo ng bumangon hindi dahil tinatamad ka kundi dahil pagod na pagod ka. Hindi ako pagod sa pag-tulog.

*Pagod na kong mabuhay...*

Hindi ko alam na darating ang araw na to. Pakiramdam ko nawalan na ng purpose ang buhay ko at wala na ring saysay kung magpapatuloy pa ko ng ganito. Napaka-pamilyar ng ganitong pakiramdam.

*Parang dati lang...*

Pinilit kong bumangon ng marinig ko ang boses ni Mama sa labas ng kwarto ko.

**"Gising na... Baka malate ka."** Sabi pa nya habang kumakatok.

**"Sige."** Walang buhay kong sabi.

Dumiretso ako sa banyo at ginawa ang morning routine ko. Inipitan ko din ang buhok ko. Nagpalit ako ng tshirt at naglakad papunta sa Dining kung nasan sila.

Malakas ang boses ni Mama habang nagku-kwento. Nakikinig lang naman si Kuya Angelo at Tito Julz. Samantalang inaasikaso naman si Tita Gema ang pagkain. As usual, iritable na naman si Aries.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Mama habang naka-ngiti. **"...Anung course ang balak mong kuhanin?"**

*Hindi ko nga alam kung kaya ko pang magpatuloy hanggang college.*

**"Wala."**

**"Anung wala? Ga-graduate kana ng highschool. Sabi ng  Lola mo sakin gusto mo daw mag-kolehiyo."**

Hindi ako nagsalita. Kumain ako na parang wala akong naririnig. Hindi ko alam kung bakit pero parang walang lasa ang kinakain ko.

**"Kinaka-usap ka ng Mama mo."** Sabi ni Kuya Angelo.

**"Ayoko syang kausap."** Halos pabulong kong sabi pero hindi nakaligtas yun sa pandinig nila.

**"Jay-jay!"** Sita ni Kuya.

*Nakakarindi!*

Parang bigla nalang nagsawa ang pandinig ko sa mga sinasabi nila. Ayoko ng marinig ang pangalan ko sa bibig nila.

**"Hindi kaba nagsasawa?"** Tanong ko kay Kuya habang nakatingin pa rin sa plato at pagkain ko. **"...Kasi ako nagsasawa na ko sa sermon mo."**

**"Jay-jay!"** Sabay na tawag sakin ni Mama at Tita Gema.

Kahit hindi ko tignan si Kuya alam kong masama na ang tingin nya sakin. Ramdam ko din ang tingin sakin ni Aries.

**"What do you want me to do then? Forget everything that you've done?"** Maotoridad nyang tanong.

Hindi ako sumagot kahit ang totoo, pabor na pabor sakin yun. Pinilit kong nguyain ang pagkain sa bibig ko. Kahit dahan-dahan at parang bubble gum.

**"Answer me!"** Utos nya.

*Tama na...*

**"Anu bang nangyayari sayo Jay?"** Tanong ni Mama.

*Wala kana don...*

**"Jay? May problema ba?"** Nag-aalalang tanong ni Tita.

*Wag nyo nalang akong paki-alaman...*

**"Baliw."** Bulong ni Aries pero halatang parinig.

*Mas baliw ka!*

**"Sinisimulan mo na naman ba ko?!"** Galit na tanong ni Kuya.
**"...Gustong gusto mong nakikita na nagagalit ako no?!"**

**"Ayoko na."** Halos pabulong kong sabi.

**"Ano?"**

**"Ayoko na! Ayoko ng marinig ang sermon mo! Tigilan mo na ko! Tigilan mo ang pag-arte na parang ikaw ang Papa ko!"** Sigaw ko kasabay ng paghampas sa lamesa.

Malalim ang paghinga ko kasabay ng pagtingin ng masama kay Kuya. Para kong kinalaban ang pader dahil sa ginawa ko. Natatakot ako pero nananaig ang galit sakin.

**"Jay-jay!"** Sigaw sakin ni Aries. **"...Tumigil ka nga!"**

**"Aries!"** Sita sa kanya ni Tita

Nanatali ang paningin ko kay Kuya na kasalukuyan na kong pinapatay sa isipan nya. Alam ko, hindi na kailangang itanong pa. Sa paraan pa lang ng pagtingin nya sakin.

**"Hindi ako umaarte na Papa mo."** Mahinahon nyang sabi. **"...Dahil ako ang Kuya mo at trabaho kong disiplinahin ka. Kung ayaw mong marinig ang sermon ko.... Magtino ka!"**

Tumayo sya at naglakad na paalis. Nakasunod ang tingin ng iba sa kanya habang ako naka-yuko lang.

**"Anu ba yun Jay-jay?! Hindi ka na nahiya sa Kuya mo!"** Sigaw sakin ni Mama.

Agad akong naglakad paalis. Ayokong makarinig ng panibagong sermon. Masyadong pagod ang utak at puso ko. Baka hindi ko na kayanin.

*Mangisay nalang ako bigla!*

Naligo ako at nag-ayos na para pumunta sa pang-araw-araw na parusa sa buhay ko. Ang iskwelahan kung nasan ang mga impaktong hudas na sumisira ng buhay ko.

Paglabas ko ng kwarto, naka-abang na agad sakin yung Horoscope. Salubong na salubong ang kilay nya at naka-cross arm.

*Siguro, sasabihin nya ang kapalaran ko for today.*

**"Anu na naman bang problema mo?"** Tanong nya ng hindi tumitingin sakin.

Gustuhin ko mang sagutin ang tanong nya, hindi ko magawa. Kahit sarili ko hindi ko rin alam ang mismong sagot. Para akong gumising sa isang masamang panaginip at sinampal ng katotohanan.

Umiling lang ako at tangkang maglalakad na ng may bigla akong maalala.

**"Aries."** Tawag ko sa kanya at inis naman nya kong tinignan. **"S-salamat."**

Tumaas ang isang kilay nya at halatang hindi nya naintindihan kung para saan yun. Samantalang malinaw sakin kung para saan yun.

*Syempre ako nagsabi!*

**"P-para sana dun sa... g-ginawa mong pagliligtas sakin... kay Kiko."** Paliwanag ko at unti-unting nag-iba ang itsura nya.

Bigla nalang syang tumalikod sakin at nagmamadaling lumakad paalis. Meron pa syang binulong pero hindi ko din naintindihan. Naiwan akong nakatayo at nakatingin lang sa kanya.

*Weird.*

Naglalakad na ko papuntang sala ng marinig ko ang pamilyar na boses. Andito na ang sundo ko papuntang impyerno. Walang buhay akong tumingin kay Yuri habang sya naka-ngiti sakin.

Buti pa sya kaya nyang ngumiti sa kabila ng mga nangyari. Samantalang ako hindi ko na kaya kahit yung pilit man lang.

Dumiretso ako sa labas ng hindi na sya hinihintay. Bubuksan ko na sana ang pinto sa backseat pero pinigilan ako ni Yuri na nakasunod lang pala sakin.

**"Dito kana... Hindi na sasabay si Keifer satin."**

*YES!!*

Meron din naman palang magandang mangyayari sa buhay ko ngayong araw. Akala ko puro kamalasan nalang.

Lumipat ako sa passenger seat sa tabi ng driver. Si Yuri pa ang nagsara ng pinto bago sya tuluyang umikot palapit sa driver's. Pina-andar nya ang kotse at naging tahimik lang ako sa byahe kagaya dati.

**"Jay?"** Tawag nya sakin. **"...Okay ka lang ba? Parang may iba sayo ngayon."**

Umiling lang ako at bumaling sa labas. Para namang may bago sakin ngayon. Ganun pa rin naman ako. Galit pa rin ako sa kanila ng bestfriend nyang Hari ng mga Dimunyung Ulupong.

Nakarating kami sa school, kagaya dati nauna na naman akong bumaba at iniwanan sya habang nagpark ng kotse. Ang bait ko talaga. Grabe!

*Super bait...*

Malapit na ko sa room namin ng mapahinto ako. Eto na naman kasi. Eto na naman kasi ako! Papasok na naman ako sa room kung saan nagsimula ang lahat. Parusa sakin to, kung pwede lang kasi akong huminto sa pag-aaral matagal ko ng ginawa.

Kaunting tiis nalang, buwan nalang ang bibilangin at makaka-graduate na ko. Hindi ko na kailangang tiisin ang nga pagmumuka nila. Kaya kahit labag sa loob ko na ihakbang ang mga paa ko, ginawa ko pa rin.

**"Good morning."** Bungad sakin ni Ci-N.

Hindi ko sya pinansin at naupo nalang sa pwesto ko, malapit sa pinto. Kasunod kong pumasok si Yuri. Alam kong wala pa rin yung isa----*bakit ba inaalala ko pa yun?*! Paki-alam ko naman kung malate sya. Maganda nga wag na sya pumasok para hindi ko na kailangang tiisin ang pagmumuka nya.

Dumukdok nalang ako habang sinisiksik na pilit ang muka ko sa braso ko. Kung pwede nga lang isiksik ko na rin sa desk para solid. May ilang minuto rin akong naka-dukdok at malapit-lapit na rin akong makatulog ng maramdaman kong may kumakalabit sakin.

*Si Ci-N na naman...*

Ayoko sana syang pansinin kayalang syempre.... Ci-N Peralta yan kaya asan na ang----.

**"Jay-jay."** Tawag nya sakin. **"Wag ka matulog, may sasabihin ako sayo."**

Inikot ko ang ulo ko paharap sa kanya. Bored ko syang tinignan. Nakangiti na naman sya habang nilalapit sakin ang muka nya.

**"Lapit na birthday ko."** Buong galak nyang sabi. **"...punta ka sa party ko ah?"**

*Oo nga pala...*

Binigyan nga pala nya ko ng invitation. Yung mukang birthday ng bata. Valentines day nga pala ang mismong araw ng birthday nya. Araw ng mga Punyetang puso.

Hindi ako sumagot. Ibinaling ko lang ang ulo ko sa ibang direksyon para maka-iwas sa kanya pero sana pala hindi ko nalang yun ginawa. Saktong pag-ikot ng ulo ko ang pagpasok ng Hari sa pinto ng room.

Sakin pa talaga bumagsak ang tingin nya kaya nagtama ang paningin namin. Ayos! Kung kelan iwas na iwas ka oh, nanadya yata ang magaling.

*Magaling! Magaling! Magaling!*

Buti nalang at agad din syang umalis. Hindi nagtagal dumating na si Sir Alvin at nagsimula na ang klase. Ang sarap sanang makinig sa kanya pero kagaya dati wala sa lesson ang isip ko.

**"Gusto nyo bang umattend ng Career Orientation?"** Tanong ni Sir Alvin saming lahat.

**"Anung meron don Sir?"** Dinig kong tanong ni Denzel.

**"May libre po bang pagkain?"** Tanong naman ni Ci-N.

Tinawanan muna sila ni Sir bago sumagot. **"Ituturo sa inyo ang tamang paraan para mapili ang mga career na bagay sa inyo."**

**"Hindi na kami pupunta Sir. Kami-kami nalang pipili ng career namin."** Sagot ni Calix at bigla nalang ngumiti ng nakakaloko. **"...Si Denzel, house husband, si Drew sa pasugalan, si Edrix sa computer shop tapos si Eman sa kusina----."**

**"Busit ka Calix!"** Sigaw ni Denzel sa kanya at nagtawanan naman yung ibang Ulupong.

*Dyan kayo magaling!*

Pati si Sir nakitawa nalang din sa kanila habang napapailing. Buti pa sya nagagawang makitawa sa kalokohan ng mga Dimunyung Ulupong.

**"Madali lang naman pumili ng career na bagay samin, Sir."** Sabi ni Mayo. **"...Hindi na siguro kami pupunta."**

**"Kayo ang bahala..."** Sabi ni Sir at ngumiti. **"...Anu bang mga balak nyong kuhaning kurso?"**

**"PILOTO!"** Malakas na sigaw ni Ci-N habang nakataas ang dalawang kamay. **"Gusto kong maging piloto!"**

**"Pero diba, Doctor ang parents at kapatid mo Ci?"** Tanong ni David.

Nag-nod naman sya bilang pagsagot. Alam ko nga na Doctor ang pamilya ni Ci-N. Minsan narin nyang nabanggit sakin na gusto din ng parents nya na mag-doctor din sya.

**"Hindi ba nila gusto na maging Doctor ka din?"** Tanong ulit ni David.

Tumingin si Ci sa kisame at parang nag-iisip. **"Gusto! Pero ayoko!"**

**"Parang may magagawa ka sa gusto ng parents mo ah?"** Naghahamong sabi ni Felix.

Ngumiti ng malapad si Ci-N sa kanila. **"May sinabi ba kong hindi ko gagawin sinabi nila?"**

*Tsk! Kulit talaga...*

Napailing yung iba habang napapakamot sa batok nila. Kahit naman ako ganun siguro ang magiging reakyson dahil sa sinabi ng Batang kumag na to.

**"Ikaw ba, Jay-jay. Anu balak mong kuning kurso?"** Tuon sakin ni Sir.

Kahit hindi ko tignan ang mga bwisit, alam kong nakatingin din sila sakin. Sanay na sanay na ko sa ganyang gawain nila.

Umiwas ako ng tingin kay Sir. **"Wala po, Sir."**

**"Bakit wala?"**

*Tinanung pa talaga nya...*

**"Mag-aasawa na po kasi ako pagka-graduate."** Bored kong sagot.

Walang kahit sinong nagsalita. Nakiramdam ako at alam kong kakaiba ang mga ginagawa nila sa likuran ko. Kahit si Sir nakikita kong tumitingin sa kanila.

May kakaiba akong kutob sa nangyayari kaya naman bahagya akong lumingon patalikod at ganun nalang ang gulat ko ng makita kong hawak ni Keifer ang kwelyo ng uniform ni Yuri. Salubong na salubong ang kilay ng Gagong Hari samantalang nakatitig lang si Yuri sa kanya.

**"Anung ginagawa nyo?"** Taka kong tanong.

Binitiwan ni Keifer si Yuri at umayos ng upo. Tinignan ko si Sir Alvin na parang nagtatanong pero nagkibit balikat lang sya sakin. Bumalik sya sa pagtuturo at may pagkakataon na tumitingin ako sa likod.

*Baka nagpapatayan na pala sila.*

Kung tutuusin wala naman dapat akong pakialam sa kanila. Okay lang kung magpatayan na sila. At least mababawasan ang problema ko. Kapag namatay ang Hari, Happy Together lang ang peg. Kapag namatay si Yuri, dalagang Pilipina pa rin ako pagdating ko ng 20.

*Kaya oks lang! Magpatayan na kayo!*

Natapos ang klase namin kay Sir at sa iba pang teacher. Lunch na at nawala sa isip kong magbaon. Mukang kailangan ko na namang magtiis ng gutom.

**"Jay-jay!"** Buong galak na tawag sakin ni Ci-N. **"...Kain na tayo!"**

Sa halip na sumama sa kanya papunta kay Eman, agad akong naglakad palabas ng room. Sa second floor nalang sana ako papalipas ng gutom pero hindi pa ko nakakalapit sa hagdan ng may humawak sa braso ko.

*Felix...*

Binawi ko ang braso ko at inis syang tinignan. **"Kailangan mo?"**

**"K-kasi... S-sumabay ka na s-samin."** Naiilang nyang sabi habang hinihimas ang batok.

*Tsk! Ako pa talaga inaya nyang sumabay...*

**"Ayoko."** Mabilis kong sagot.

**"Jay... Wala ka namang kakainan dito. Sumabay kana samin."** Pagpipilit nya.

**"Anu naman sayo! Paki mo kung mamatay ako sa gutom!"** Inis na sabi ko.

Kita ko ang pagkapahiya sa kanya. Hindi ko intensyon yon pero kung laging ganito na kinukulit nila ko hindi ko talaga maiiwasan na hindi sila ipahiya.

**"Nag-iiba ka na."** Halos pabulong nyang sabi at naglakad pabalik ng room.

*Hindi... Ganito na ko dati pa.*

Naiwan akong mag-isa. Bagay na pabor para sakin. Tinuloy ko na ang balak kong pagtambay sa second floor. Kagaya ng inaasahan ko, malakas ang hangin at medyo malamig.

Naalala ko, dito kami tumatambay nila David at Ci-N kapag kakain kami. Sa kagustuhan naming makapag-tago sa mga Ulupong na yon, dito namin naisipang kumain. Hangang sa pati sila Mica at Calix dito na rin tumatambay para kumain.

Hindi rin naman nagtagal yon dahil bumalik na din si Eman para ipagluto kami. Sa loob na kami ng classroom kumakain, except kila Calix dahil mas madalas pa rin sila dito sa second floor.

Hindi ko akalaing sasabihin ko to. Nakaka-miss din pala yung mga panahon na yon. Nakaka-miss na meron akong kasabay kumain kahit ako yung nagbabaon para sa kanila.

**"Para ka pa lang nasa music video dito no?"** Biglang sabi ng kung sino.

Tinignan ko sya ng masama at handa na sana akong murahin sya pero natigilan ako ng makita ko kung sino ba talaga yung lapastangan na yon.

**"Anung ginagawa mo dito?!"** Medyo inis na tanong ko kay Percy.

Tinaas nya ang kamay nyang may hawak ng isang box ng pizza at plastic naman sa isa na may lamang inumin.

*Ooohhhh.... Pizzza!*

**"Felix texted me. Hindi ka na naman daw kakain."** Sabi nya at pumwesto sa isang sulok kung saan nya binaba ang mga dala.

Lumapit ako sa kanya at naupo sa tabi nya. Nakapagitna samin ang isang box ng pizza at inumin. Kahit walang pasabe binuksan ko na yung box at sinimulang lantakan ang pagkain.

**"Sino may sabi kumuha ka? Hindi naman para sayo yan."** Sabi nya habang pilit kinukuha yung hawak kong slice ng pizza.

Hinampas ko ng malakas ang kamay nya. Kuhanin mo na lahat wag lang ang pizza sa kamay ko.

*Magkakaroon ng civil war!*

Tiwanan lang naman nya ko. Pati sya kumuha narin at kumain. Walang nag-uusap samin nung una dahil syempre.... *Alam na! Pareho kaming patay gutom nitong kapatid ko!*

Habang patuloy sa pagkain bigla nalang may iniaabot na puting box si Percy. Balak ko sanang itanong kung anu yun pero base sa laki ng box mukang alam ko na.

**"Para saan yan?"** Tanong ko bago kumagat.

**"Anu bang ginagawa sa cellphone?"**

Ang totoo, parang mas gusto ko pa rin yung dati kong cellphone. Kahit alam kong may something dun mas gusto ko pa rin yun. Andun kasi lahat ng picture namin----ko! Yung mga picture at video ko! Nanghihinayang ako na hindi ko maintindihan.

*May pinagsamahan na kasi kami ng cellphone na yun!*

**"Ayaw mo ba?"** Tanong nya na nagpabalik sakin sa reyalidad.

Nag-aalangan ako nung una pero kinuha ko pa rin. Kailangan ko din ng cellphone. Sino bang hindi?!

Pagkatapos kumain, kukuha na sana ako ng inumin na dala nya ng mapatingin ako sa bote. Hindi lang kasi basta-basta inumin ang nasa plastic.

**"Walang hiya ka! Alak to ah?"** Sabi ko habang inihaharap sa kanya ang isang bote.

Ngumiti lang naman sya sakin bago kumuha ng isa at buksan.

**"Alam ko kasing mas kailangan mo yan."** Mapang-asar nyang sabi.

**"Sira ka! Kung mahuli tayo, hindi kana makakabalik dito! Plus suspended ako!"** Inis na sabi ko.

Parang kelan lang sa Holy Shi----Saints. Ako sinuspinde kahit si Cyrus naman talaga ang may dala ng alak. Haizt! Ang galing eh! Kamangha-mangha!

**"Kung mahuhuli! Panu kung hindi?"** Mapanghamon na tanong nya.

*Oo nga naman...*

Wala namang pumupunta sa building namin kaya sure akong walang makaka-alam na nagdala ng alak tong abnormal kong Stepbrother. Tinignan ko din yung malaking building na katapat ng building namin. Wala naman akong nakikitang ibang tao.

Hindi rin naman nila kami makikita dahil malayo ang building nila samin. Para bang sinasadya ng school na walang makakita samin. Inilalayo ang Section E sa lahat.

*Parang kailangan ko din to!*

Hinayaan ko syang buksan ang isa. Parang nanuyo ang lalamunan ko ng matikman ko ang alak. Hindi pa naman ganun katagal nung huling beses akong nag-inom pero pakiramdam ko inabot ako ng taon.

**"Sarap diba?"** Nakangiting tanong ni Percy.

**"Masarap.... Masarap din ang kutos sakin ni Kuya Angelo kapag nakarating sa kanya to."**

Tinawanan lang naman nya ko bago muling uminom. Binaba ko muna yung boteng hawak ko at binuksan ko yung box ng cellphone. Kamuka lang din naman yun ng nauna kong cellphone.

**"Lagay mo na number ko. Para matawagan mo na ko."** Sabi nya at inilabas ang cellphone nya.

Binuksan ko yung phone at nagpipindot. Nang okay na, pumunta ako sa phonebook at nag-add ng contact.

**"Ready."** Sabi ko.

**"0922..."** Panimula nya at pinindot ko naman. **"...22nog-tunog pagpinindot sasabog."**

*Ay pvta!*

Tinignan ko sya ng masama. Gusto kong ibato yung cellphone sa muka nya. Idagdag pa yung pagtawa nya ng nakakaloko. Ang hirap talaga kausap nito minsan.

Gusto ko na talaga ng mag-request ng isa pang kapatid. Ayoko na sa lalaking to. Ibabalik ko na sya kung saan man sya nag-mula.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 207

**A/N:** Happy Anniversary sa AMNSE. That was last July 26. One year na ang kakulitan ng mga Ulupong.

Happy 2k Members din sa aming FB Group: **Tropa ni eatmore2behappy**

HAPPY
TWO
THOUSANDS
MEMBERS
FACEBOOK GROUP
TROPA NI EATMORE2BEHAPPY

**Cold**

***Yuri's POV***

Jay-jay is acting weird. Halos lahat kami napapatingin sa kanya. Ang likot-likot nya sa upuan at parang may kung anung gustong gawin.

**"Ayos lang ba si Jay-jay?"** Tanung ni Felix.

I shrugged. Kahit kasi ako hindi rin masasagot yun. This morning ang cold nya samin then after lunch ganito na sya.

**"Anak ng pvta!"** Sigaw ni Jay kaya napatingin na naman kami sa kanya. **"...Ang init talaga!"**

*But it's actually a bit cold.*

Malulam ang panahon mula kaninang umaga kaya hindi ganun kainit. Tinanggal nya ang necktie nya at bahagyang binuksan ang blouse. Sumisilip ang panloob nya dahil don.

Agad akong tumayo at nilapitan sya. Nakikitaan na sya sa ginagawa nya.

**"Jay... Ayusin mo yung uniform mo."** Utos ko pero inirapan lang nya ko habang nagpapay-pay gamit ang kamay.

**"Amoy alak si Jay-jay."** Bulong sakin ni Ci-N.

*Alak? Panu'ng...*

**"Sinong nagbigay sayo ng alak?"** Mahinahon kong tanong.

**"Paki mo."** Bored nyang sagot sakin.

Pinagpatuloy nya ang pagpaypay gamit ang kamay. She's not drunk but a bit tipsy. I can tell from her action.

**"Ayusin mo uniform mo. Nakikita na yung----SHIT!"** Malakas ang naging mura ko ng buksan nya ng tuluyan ang uniform at lumantad ang hindi dapat.

Mabilis kong hinubad ang polo ko at pinantakip sa harap nya. Sinubukan nyang alisin yun pero hinampas ko ang kamay nya. Tinignan nya ko ng masama.

**"Mainit nga sinabi!"** Sigaw nya sakin.

*Epekto yan ng alak... Buti nalang at hindi sya nalasing.*

**"Sino bang nagbigay sayo ng alak?"** Medyo inis na tanung ko.

**"Lolo mong panot."**

Napahawak nalang ako sa sintido dahil sa inaasta nya. Ang lamig maki-tungo, puro pambabara at pamimilosopo at hindi maka-usap.

*That's the price Yuri, that's the price.*

**"Pvtang'na! Ang init talaga!"** Sigaw nya at binato ang polo ko sa mismong muka ko.

**"What the..."** Dinig kong sabi ni Keifer.

Napatingin ako sa kanya na kakapasok lang sa pinto. Salubong ang kilay nya at nakatingin sa kabuuan ni Jay-jay.

Lumipat sakin ang tingin nya at kulang nalang sakalin nya ko ora-mismo.

**"Why is she like this?"** Maotoridad na tanung nya.

**"She's tipsy."**

Tuluyan ng nawala ang pagitan ng mga kilay nya. Mabilis nyang hinubad ang polo nya pero kasabay non ang paghuhubad din ni Jay-jay kaya nataranta kami.

Binalot ko sa kanya ang polong hawak ko at ganun din si Keifer. Bago pa man makakilos si Jay-jay agad syang binuhat ni Keifer na parang sako ng bigas.

**"Tang'na! Ibaba mo ko!"** Sigaw ni Jay-jay.

**"Keifer..."** Tawag ko sa kanya. **"...Anung gagawin mo?"**

**"I don't know!"** Sigaw nya sakin at huminga ng malalim. **"...Basta dapat mapahinto ko sya!"**

Bigla nalang syang lumabas ng room. Agad akong sumunod sa kanya. Tuloy-tuloy lang sya hangang sa bigla syang lumiko pa-diretso sa hagdan papuntang second floor.

**"Saan mo sya dadalhin?"**

Hindi nya sinagot pero dumiretso sya sa dulong kwarto kung saan nakalagay ang mga picture ng mga naunang Section E.

**"Ibaba mo ko! Susukahan kita!"** Sigaw pa rin ni Jay-jay.

Pinilit ni Keifer kuhanin ang susi sa bulsa nya. Binato nya yun sakin na agad ko namang sinalo.

**"Open this gaddamn door!"** Galit na utos nya.

Kahit nalilito ginawa ko pa rin ang utos nya at binuksan ang pinto. Agad syang pumasok sa loob. Ako na ang nagbukas ng ilaw.

Binaba ni Keifer si Jay-jay sa sofa na nasa gitna ng kwarto. Pagbaba nya malakas na sipa ang nakuha nya galing kay Jay-jay.

**"Tang'na! Kahit kelan husay mo mambwisit!"** Jay-jay shout to Keifer.

**"Huminahon ka Jay."** Sabi ko at akmang lalapit sa kanya pero binato nya yung polo namin sakin.

Napatingin ako sa dibdib nya halos nakalabas na. Bukas na bukas ang uniform nya. Napalunok ako kasabay ng pag-iwas ng tingin.

*Umayos ka Yuri!*

**"Aahhhhh! Bakit naka-bukas uniform ko?!"** Galit na sigaw ni Jay-jay.

**"You're the one----!"**

Hindi na natapos ni Keifer ang sasabihin nya dahil binato na agad sya ni Jay-jay ng throw pillow. Inayos nya ang uniform nya at tinignan kami ng masama.

**"Bakit kayo nandito?! May balak kayo sakin no?!"**

Nasabunutan ko nalang ang sarili ko. Sure akong hindi lasing si Jay-jay pero base sa inaasta nya, mas gusto kong isipin na lasing sya.

**"Are you sure that she's not drunk?"** Tanung sakin ni Keifer.

**"She's not asking for a virgin to sacrifice. So, she's not drunk."**

Mukang nalinawan naman sya sa sinabi ko. Siguro baka malapit-lapit na rin sya sa pagkalasing. Baka isang bote nalang at naghahanap na sya ng birhen na iaalay kapalit ng walang hangang buhay.

Napatingin ako kay Jay-jay ng mahiga sya sa sofa at magpa-ikot-ikot don.

**"Ang init talaga."** Sabi nya at tinakpan ng throw pillow ang muka.

**"Who gave her alcohol to drink?"** Tanung sakin ni Keifer habang naglalakad palapit sa katapat na sofa ni Jay-jay.

**"I don't know. She's acting weird when she came back after lunch."**

Napabuntong hininga si Keifer kasabay ng paghilamos sa muka gamit ang dalawang kamay. Naupo ako sa tabi nya at pinagmasdan si Jay-jay na mukang naka-tulog na.

Mas mabuti na yung ganito, kesa kanina na halos maghubad na sya sa harap ng buong klase. She didn't ate lunch with us. According to Felix, he try to talk to her but he got rejected.

I look at my wrist watch to check the time. Hindi na kami aabot sa sunod na subject. Malalim na buntong hininga ang nilabas ko.

This is all our fault. Hindi dapat namin hinayaan si Jay-jay na magkaganito. Ngayon kami nahihirapan sa mga pinag-gagagawa nya.

Tumingin ako kay Keifer na nakapikit habang naka-sandal ang ulo.

**"Pwede bang..."** Panimula ko pero hindi pa rin sya gumagalaw. **"...sabihin mo sakin ang totoong dahilan."**

**"Dahilan saan?"** Patay malisya nyang tanong.

Iniiwasan na naman nya ang tanong na yon. Napaghahalata sya na meron syang tinatago. Maybe they believe what you say but not me.

*You can't lie to me.*

**"I'm not damn stupid Keifer."**

**"If you're not damn stupid, then what are you trying to do? Hindi ba dapat matuwa ka at nawala na ko sa landas mo. Makukuha mo na ang babaeng gusto mo."** Sabi nya at tumingin ng diretso sa mga mata ko.

That's true. I should celebrate this situation. Wala ng Keifer sa landas ko. Anytime, Jay-jay can be mine.

*Pero hindi sa ganitong sitwasyon.*

Tinignan ko si Jay-jay na tulog na tulog. Hindi sa ganitong sitwasyon nya. Hindi sa ganitong malayo na sya samin kahit kaharap lang namin sya. Hindi sa ganitong galit na galit sya saming lahat.

**"Gusto ko pa ring malaman ang totoo."**

**"What for?"** Tanung nya at naglabas ng sigarilyo.

Sinindihan nya yon at inabutan ako pero umiling ako para tanggihan. I no longer smoke, I stop for a couple of months now.

Keifer suddenly chuckled. **"Seryoso ka talaga sa pagtigil? I thought you're just kidding."**

**"Don't change the topic. Please answer me Keifer."**

Bumuga sya ng usok at tumingin sa ibang direksyon. I'm starting to feel irritation because of his action.

**"Alam mo naman yung sagot, bakit tinatanung mo pa?"** Sabi nya at humithit ng sigarilyo.

**"I don't Keifer. I don't know the exact answer."**

**"Andun ka nung plinano ko yun. Akala ko nga kasali ka pero bumitaw ka nung kalagitnaan."**

I chuckled bitterly. **"Your plan. Again?"** Napailing ako. **"That's your reason for this shit! That's your reason for hurting Jay-jay?!"**

Hindi ko mapigilang hindi itaas ang boses ko. Ang lakas lang kasi maka-gago ng sagot sakin ni Keifer. Sakin pa talaga sya nagsinungaling.

**"That's the fvcking truth."** Walang gana nyang sagot sakin.

Napatawa ako dahil sa sinabi nya. Tawa ng hindi natutuwa. Nakakainis talagang makipag-usap sa kanya. Mas mabuti pa yatang sa pader nalang ako magtanong.

**"I'm the happiest guy in town when you stay away from Jay-jay. Ang sarap isipin na may pagkakataon na ko sa kanya. Pero nung nakita ko syang nasasaktan..."** I clenched my fist. **"...gusto kitang suntukin. Gusto kong isisi sayo ang lahat at pagbayarin ka."**

**"Bakit hindi mo ginawa?"** Naghahamong tanong nya.

**"Because i know there is something else."**

**"And that something is?"**

**"You're lying."** Sagot ko na nagpatigil sa kanya sa paghithit ng sigarilyo. **"...You lied to us, you lied to Jay-jay and you lied to yourself."**

**"I lied to no one."**

**"I told you. I'm not damn stupid!"** I breathed heavily to calm my self. **"...Matagal mo ng itinigil ang plano mo. Kaya nga huminto na ang buong Section E. Hindi kami manhid para hindi maramdaman yun."**

He didn't answer me. Inubos lang nya ang stick na hawak at kumuha na naman ng isa para sindihan. Ang hirap basahin ng isip nya kapag ganito sya.

**"Keifer."** Tawag ko sa kanya na may halong pakiki-usap. **"...Kung hindi mo kayang sabihin kay Jay-jay at sa buong Section E, kahit sakin nalang sana."**

**"Wala akong dapat sabihin sayo."**

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Agad kong hinawakan ng mahigpit ang kwelyo nya.

**"Damn it Keifer! You're inlove with Jay-jay but you chosed to hurt her! Why?! What's the fvcking reason?!"** Galit na tanung ko.

Walang buhay ang mga mata nyang tumingin sakin. **"I'm not Yuri. I'm not inlove wih her."**

Isang malakas na suntok ang binigay ko sa kanya. Hindi man lang sya pumalag o gumanti. Nanatili syang naka-upo sa sahig at pinupunasan ang labi.

*Nakakapikon! Damn!*

**"Alam mong alam ko kapag nagsisinungaling ka pero paulit-ulit ka pa rin!"**

**"I'm not."**

Nasabunutan ko na ang sarili ko sa inis. Wala na talagang saysay kung makikipag-usap pa ko sa kanya tungkol sa bagay na to.

I'm about to leave when I remember something.

**"Kung wala kang nararamdaman kay Jay-jay. Bakit ganun nalang ang galit mo kapag may ibang lalaking lumalapit sa kanya?"**

Hindi sya nakasagot. I smirk secretly. I knew he can't deny when it comes to jealousy. Tumayo sya mula sa sahig at tinignan si Jay-jay.

**"I'm just playing around."** He said and walk away.

Naiwan akong nakatingin lang sa pinto kung saan sya dumaan. Akala ko mapapa-amin ko na sya pero mukang nagkamali ako.

Hindi ko sya pinapa-amin para ipahiya sya sa iba. Ginagawa ko to dahil nasasaktan ako. Nasasaktan akong makita si Jay-jay na ganito. Tuwing titignan nya si Keifer nahihirapan ako para sa kanya.

Hindi ko alam na masakit din pa lang makita na nasasaktan ang taong mahalaga sakin. Akala ko dapat na kong maging masaya dahil wala ng hadlang sakin pero nagkamali na naman ako.

Nahilamos ko ang muka ko at akmang lalapit kay Jay-jay pero napatigil ako. Nakaupo na sya sa sofa habang mahigpit ma yakap ang throw pillow.

*Fvcking shit!*

Ibig sabihin, gising sya mula pa kanina. She heard us!

**"Jay-jay..."** Tawag ko at humakbang palapit sa kanya pero pinahinto nya ko.

**"U-umalis ka m-muna. I-iwan mo m-muna ako."** Basag ang tinig nya habang sinasabi yun.

Sa halip na gawin ang sinabi nya, umupo ako sa tabi nya at mahigpit syang niyakap. Sibukan nya kong itulak pero kasabay din non ang pagbagsak ng mga luha nya kaya wala rin syang nagawa.

Parang bata na inagawan ng candy si Jay-jay. Hinayaan ko syang ilabas lahat ng sama ng loob nya samin at kay Keifer.

*I'm so sorry you have to hear those words.*

**"Tangina naman!"** Sigaw nya kasabay ng pag-iyak. **"...Sabi k-ko hindi n-na ko iiyak p-pero eto na naman a-ako!"**

**"I'm sorry, Jay. I'm so sorry."**

Nagpatuloy pa rin sya sa pag-iyak. She keeps crying until she fell asleep. Nakapatong ang ulo nya sa dibdib ko habang ang katawan naman nya ay nasa tabi ko.

I'm brushing her hair using my hand. I can smell the alcohol from her because of our position. Kung sino mang nagbigay non kay Jay-jay mukang hindi nya intensyon na lasingin to. Pero kung ako sa kanya, wag na syang magpapakita sakin. Babakat ang kamao ko sa muka nya.

**"K-keifer..."** Dinig kong bulong ni Jay-jay.

*Hangang sa panaginip.*

Masakit sakin ang ganito. Hangang panaginip nya si Keifer pa rin ang nasa isip nya. Kung pwede lang sana kitang tulungan para makalimutan sya, ginawa ko na.

**"Aishiteru..."** I whisper.

I let her sleep for a while. Patapos na ang klase ng magising sya kaya naman umuwi nalang din kami. Ako na ang naghatid sa kanya kagaya ng orihinal na usapan namin ni Angelo.

Naging tahimik sya sa buong byahe namin. Paghinto sa tapat ng bahay nila agad kong hinawakan ang braso nya bago pa man sya makababa.

**"Jay... I'm sorry----."**

**"Tigilan mo na ang kaka-sorry Yuri."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...Walang mababago yang sorry mo."**

Unti-unti nyang hinatak ang braso nya palayo sakin. I don't wanna let go but I must for her.

Mabilis syang bumaba ng kotse at pumasok sa gate ng bahay nila. Nakita ko pa si Aries na nakatingin sakin. Binaliwala ko lang yun at pina-andar na din ang kotse paalis.

Nasa kalagitnaan na ko ng byahe pauwi ng may tumawag sakin sa cellphone. I immediately stop the car and answer the phone.

*It was Hahaoya.*

**"Hahaoya? I'm on my way home."**

**["That's good to hear."]**

**"Is there a problem?"**

**["Keifer is here. His waiting for you."]**

*Sa bahay? Si Keifer?*

**"Okay... I'm almost there."** Sagot ko at pinatay na ang tawag.

Agad akong bumalik sa pagmamaneho. Hindi naman kalayuan ang building namin sa pinag-hintuan ko kaya hindi na rin ako nagtagal sa daan.

Dumiretso ako sa elevator pagka-park ng kotse. I have this weird feeling. Hindi naging maganda ang pag-uusap namin kanina ni Keifer kaya nakakapag-taka ang pagpunta nya dito.

Pagka-rating sa floor namin sinalubong agad ako ng mga maid pero hindi ko na hinintay ang pagbati nila. Pumasok ako at tuloy-tuloy na naglakad pa-diretso sa kwarto ko. Hindi naman ako nabigo dahil nasa balkonahe si Keifer.

Katabi lang ng kwarto ang balkonahe. Kita'ng kita ang buong syudad mula dito. Gawa pa rin sa kahoy ang sahig at may halaman sa apat na sulok.

**"Keifer."** Tawag ko sa kanya.

Tinignan nya ko at tinapon ang stick na hawak. He give me his usual cold stare.

**"Do me a favor."** Tuloy tuloy na sabi nya.

Kahit nagtataka hinintay ko lang ang sasabihin nya.

**"...Keep Jay-jay safe."**

My forehead crease. Out of no where he came here to ask that favor.

*Seriously?*

**"Why are you saying that?"**

**"Mahal mo si Jay-jay diba?"** Tanung nya na nagpatigil sakin.

*Of course I do!*

**"O-oo naman..."**

**"Then here I am, letting her go. Nagpaparaya na ko para sayo."**

Bahagya akong napa-iling. **"Anu bang sinasabi mo? Napapano ka naman ba?"**

Hindi sya sumagot. Tumingin sya sa kabuuan ng syudad at umiling. Slowly, he turn around to face me and smile. Akala ko may sasabihin pa sya pero naglakad sya papunta sa kwarto ko.

I followed him immediately. **"Keifer."**

**"This is the only way."** He said and stop. **"The only way I can save Jay-jay..."** He release a heavy sigh. **"...By hurting her."**

Mabilis syang lumabas ng kwarto at umalis. Ayokong mag-isip ng kung ano pero bakit pakiramdam ko may kinalaman ang pamilya nya sa ginawa nya.

*What have you done, Keifer?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 208

**A/N:** Add nyo si Felix at Percy sa fb. Bibigyan nila kayo ng Mais .

Ang Mais ni Felix. Bow! 😂😂😂😂😂
Green Minded si Jay-jay.



**Lara Saira Flores**
Jusme! Kpg pla sinabi kong Mais ni Felix at Percy iba ang ppsok sa isip nyo? 😂😂😂😂
Yesterday at 3:40 PM · Like

**Jasper Jean Mariano**
anong meron sa mais nina felix at percy? 😱 mabuhok? masarap? malaki? halaaaa anuba?
3 hours ago · Like

Like our fb page... **Ang Mutya ng Section E**

AngMutyaNgSectionE
EatMore2BeHappy
TROPA NI EATMORE2BEHAPPY
www.facebook.com/angmutyangsectione
www.facebook.com/groups/tropanieatmore2behappy

Paki-correct nihonggo or japanese ko. Salamat!

Credit to Google Translator.

## Master

***Yuri's POV***

Hindi naging maganda ang gising ko. Napuyat ako sa kakaisip sa mga sinabi ni Keifer. I know he's hiding something. Ang hirap ng ganitong kaylangan ko pang hulaan ang mga nasa isip nya.

Papunta na sana ako sa opis ni Otosan para magpaalam. Ayokong malate sa school kaya kahit inaantok pa ko, papasok na ko. Kailangan ko ding sunduin si Jay-jay.

Napahinto ako ng mapansin kong maraming maid ang nasa tapat ng pinto ng opis ni Otosan. Pati si Auntie na pinaka-matanda sa lahat ng taga-silbi andito din.

**"Good morning Young Master."** Auntie greeted me while showing respect.

**"Good morning."** I greeted back. **"...Anu meron?"**

Bubuka pa lang sana ang bibig ni Auntie para sumagot pero isang pamilyar na boses ang narinig ko mula sa loob.

**"Yuri-kun, is that you?"** Tanung ni Tanda.

*Aga-aga namang bungad sakin nito!*

Salubong ang kilay kong binuksan ang pinto ng opisina pero ng makita ko kung sinong nasa loob, para akong naging maamong tupa.

**"Yuri..."** Tawag sakin ng Head Master.

Hindi ko alam na andito sya. Kapatid sya ni Tanda at sya ang kasalukuyang Head Master ng buong Hanamitchi Clan. Walang patumangga akong nagbigay galang sa tradisyonal na paraan. Inupuan ko ang binti ko sa sahig at nilagay ang dalawang kamay ko sa harap tsaka nag-bow hangang sa tumama ang noo ko sa kamay ko.

Nanatili akong naka-ganun hangat hindi sinasabi ng Head Master na tumayo na ko. Ang sakit sa binti at tuhod nito.

*Why now?!*

I don't understand why the Head Master is here. All of a sudden, I feel nervous for----I don't know the exact reason. Wag naman sana akong ipatawag para magsanay----hindi pa pwede!

Jay-jay and I are still not married. Kung babalik ako sa Japan ng hindi sya kasama baka hindi na ko makabalik dito sa Pilipinas. That will be a problem.

*A very huge one!*

Ngayon pa talaga kung kelan wala na kong kaagaw kay Jay-jay. Kung kelan napagdesisyunan ko ng tulungan syang makalimot.

**"*Tachiagaru.*"** (Stand up) Head Master said.

Tumayo ako pero nanatili pa ring nakayuko. Butil-butil ang pawis ko habang nakatingin sa mga paa ko.

**"*Anata no kami ni nani ga okotta nodesu ka?*"** (What happened to your hair?)

*Oh shit!*

I forgot my hair. Bakit ba kasi hindi ko pa pina-kulayan?

**"*W-watashi wa tanoshī tame ni sore o chakushoku.*"** (I-i colored it for fun)

Gusto kong sampalin ang sarili ko sa sinagot ko. *Stupid Yuri!* Mukang babalik ako sa Japan na kalbo na.

Bigla nalang tumawa ang Head Master. Bahagya kong inangat ang ulo ko para makita sya. Sya ang naka-upo sa likod ng lamesa. Si Otosan at Tanda naman ay nasa gilid habang seryosong naka-yuko habang inuupuan ang binti.

**"*Sore wa watashi no tame ni yoku meiro. Iro no subarashī sentaku.*"** (It's look fine for me. Great choice of color.) He said while keep laughing.

Hindi ko alam kung dapat na ba kong makapante sa sinabi nya. Unang beses na tinawanan lang nya ang kalokohan ko. Pero pano kaya kapag nalaman nya pa ang ibang kalokohan ko? Baka Samurai nya ang harapin ko.

**"*Ani.*"** (Big brother) Singit ni Tanda. **"*Naze koko ni iru no ka tazuneru no wa daijōbudesuka?*"** (Is it okay to ask, why you are here?)

Tumigil sa pagtawa ang Head Master at nakangiting tinignan si Tanda.

**"*Yumori... Watashi wa anata no kazoku o hōmon shitai.*"** (Yumori, I just want to visit your family.) Tumingin sya sakin. **"*Watashi wa wakaku natte inai.*"** (I'm not getting younger.)

Sabay-sabay kaming napatingin sa kanya. Kita'ng kita ko ang pag-aalala kay Tanda. Mukang nagpapahiwatig na sya ng pagbibitaw sa katungkulan.

*No!*

Ako ang kasunod sa pila ng pagiging Head Master. Hindi pa ko handa'ng bumalik. Kung sisimulan na ngayon ang pagsasanay, maaga syang makakapag-bitaw. Pero kung gagawin ko yun.....*mapapalayo ako kay Jay-jay.*

**"*Oji. Anata wa sore o itte imasu ka*----"** (Uncle. Are you saying that---)

Agad na pinutol ng Head Master ang sasabihin ni Otosan. **"*Īe. Īe. Son'na koto wa omowanaide kudasai.*"** (No. No. Please don't think like that.)

Ngumiti si Tanda sa kanya. **"*Anata wa watashitachi o kowagatte iru.*"** (You're scaring us.)

Agad na tumawa ng malakas ang Head Master. Nakitawa na rin si Tanda at Otosan pero nanatili akong nakatingin lang sa kanila.

Ang buong Clan ng Hanamitchi ay pinamumunuan ng Head Master. Madalas yung ipinapasa sa panganay na anak na lalaki. Ibinibigay ang posisyon kapag tapos na ang pagsasanay ng magmamana. Maagang naipasa yun sa kapatid ni Tanda. Kapareho ko sya ng edad non.

Anak na lalaki dapat nya ang magmamana ng posisyon pero namatay naman yun sa isang aksidente nung bata pa ko. Naghanap sila ng pwedeng ipalit sa buong angkan pero walang pumapasa sa gusto ng kasalukuyang Head Master. Hangang sa ako----ang sinasabi nilang maswerteng bata----ang pinili nya.

Hindi pa ko nagkaka-isip pero nakalista na ang pangalan ko sa susunod na magiging Head Master. Eto rin ang dahilan kaya walang nagawa si Tanda sa mga gusto ko. Natutuhan ko agad kung anung kaya kong gawin.

**"*Yuri-san... Anata wa ima sugu deru koto ga dekimasu. Anata wa gakkō ni chikoku surudeshou.*"** (Yuri... You can leave now. You'll be late to your school.)

Nag-nod naman ako bago mag-bow kasabay ng bahagyang pag-atras. I'm about to leave but the Head Master said something that make me stop.

***"Raishū anata no fianse o tsurete kuru koto o wasurenaide kudasai. Watashi wa kanojo ni aitai."*** (Don't forget to bring your fiancé next week. I would like to meet her.)

*Patay na!*

***"Hai, Heddomasutā"*** (Yes, Head Master.)

Wala akong nagawa kundi ang umo-o. Yun ang gusto nya at kailangan kong gawin. I have no choice but to bring Jay-jay here and introduce her to the Head Master.

Mabilis akong tumakbo papunta sa elevator. Muntik ko pang makalimutan ang sapatos at gamit ko. Ilang ulit akong napalunok habang hindi mapakali sa loob ng elevator.

*Panu ko ihaharap si Jay-jay sa kanya.*

Ngayon pa talaga kung kelan may problema. Ilang beses kong pinunasan ang noo ko gamit ang likod ng palad ko. Pinagpapawisan pa rin ako kahit na malamig naman ang hangin galing sa aircon.

Pagbukas ng elevator mabilis akong naglakad palapit sa kotse ko. Daig ko pa may asawang manganganak sa pagmamadali. Halos pigil din ang pahinga ko.

*Badtrip! Badtrip! Badtrip!*

Mabilis lang ang naging byahe ko dahil sa pagmamadali. Nakarating ako sa bahay nila Jay-jay pero maid nila ang sumalubong sakin.

**"Umalis na po?"** Tanung ko.

**"Oo... Wala kasi si Angelo kaya ayun, parang ibon na nakawala sa koral si Jay-jay. Mabilis na nawala."** Sagot sakin ng maid nila.

**"Sige po. Salamat  po."** Sabi ko at agad na bumalik sa kotse ko.

Wag lang sana sya gagawa ng ikapapahamak nya at baka makarating pa to kila Tanda at Head Master. Dumaan muna ko sa Mina Mart sa pagbabaka-sakali na andun sya pero wala.

Pinagpa-tuloy ko ang pagmamaneho pero napatapak ako sa preno ng muntik ko ng masagasaan ang ilang kalalakihang nagtatakbuhan.

*The hell! Kung kelan ako nagmamadali!*

Hinayaan kong makatawid ang mga kalalakihan pero napatingin ako sa kabilang daan. Meron silang hinahabol na babae.

*IT'S JAY-JAY! FVCKING HELL!*

Agad kong niliko ang kotse at naging dahilan yun ng sunod-sunod na busina ng mga sasakyan. Wala akong paki sa kanila dahil kaylangan kong abutan si Jay-jay.

Pumasok sila sa isang eskinita. Pinilit ko pang ipasok ang kotse pero hindi kasya kaya agad akong bumaba at hinabol sila. Mabilis akong tumakbo at hindi naman ako nabigo dahil naabutan ko ang ilan sa kanila.

**"Hoy!"** Sigaw ng isa matapos ko syang bungguin.

Nilagpasan ko lang sila para abutan si Jay-jay. Hindi naman ako nabigo dahil nakita ko sya na nakikipag-suntukan sa ilang kalalakihan.

**"Jay-jay!"** Sigaw ko sa kanya matapos nyang sikmuraan at suntukin sa muka ang isa.

Tinignan lang nya ko ng masama. Lumipat ang tingin nya sa likod ko kaya tinignan ko din yun. Yung mga lalaking nilagpasan ko. Lumapit ako kay Jay-jay at bahagya syang tinago sa likod ko.

**"Hanep! Pinagod mo pa kami!"** Sabi nung isa habang naghahabol ng hininga.

**"Bakit nga ba humabol ka?!"** Mapang-asar na sabi ni Jay-jay.

Tinignan ko sya at sinenyasan na tumahimik pero inirapan lang nya ko. Muli kong hinarap ang mga lalaki. Hindi sila pamilyar sakin kaya sigurado ako na hindi pa namin nakaka-away ang mga to.

**"Mga Sir... Baka pwedeng paubaya nyo sakin to para hindi na kayo mapagod."** Mahinahong sabi ko.

Hindi magandang makipag-away ngayong andito ang Head Master. Makakarating sa kanya to, panigurado.

**"Hindi pwede! Sira-ulo yang babae na yan! Nagtatanong lang kami ng pangalan tapos sinuntok na agad yung kasama namin."**

**"Muka nga kasi kayong unggoy!"** Sigaw ni Jay-jay na lalung nagpa-inis sa mga lalaki.

**"Aba't gago talaga to!"**

Agad na kong pumagitna bago pa man sila sumugod.

**"Sir... Pagpa-sensyahan nyo nalang. Malakas lang talaga trip nyan sa buhay kaya nang-aaway."** Sabi ko pero mukang walang talab yun dahil tinabig lang nila ko.

*No choice!*

Bago pa man sila makalagpas sakin, hinawakan ko na sa braso ang isa sa kanila na kausap ko kanina. Tinignan nya ko at tinangkang tabigin ang kamay ko.

Seryoso ko syang tinignan. **"Nakiki-usap ako ng maayos, pero ayaw nyong makinig."**

**"Bitiwan mo ko! Wala akong balak mag-sayang ng oras sayo!"**

**"Don't worry... I won't waste your time."** Sabi ko at sinuntok sya sa muka.

Bumagsak sya at gulat na naka-tingin sakin. Tinignan ko yung iba na nagulat din sa ginawa ko. Humakbang ako palapit sa kanila at bigla nalang silang sumugod sakin.

Sunod-sunod ang pagsuntok ko sa mga muka nila. May ibang nagtangkang gumanti pero naka-iwas ako agad. Halatang mga baguhan sa ganitong gulo. Meron pa kong sinipa dahil naka-iwas sa suntok ko.

Bagsak silang lahat at ang kaninang galit na itsura nila ay napalitan ng takot.

**"P-pre! Tara na!"** Sigaw ng isa sa kanila at mabilis na nagtakbuhan kahit halatang mga hirap kumilos.

Hinarap ko si Jay-jay na halatang hindi masaya sa ginawa ko. Salubong na salubong ang kilay nya habang naka-cross arm.

**"Are you alright?"** I ask.

**"Epal ka rin, eh no?"** Iritableng sabi nya. **"...away ko yun! Bakit ka nakisali?"**

Napayuko ako kasabay ng paghimas sa batok. **"Pinagtanggol lang kita."**

**"Hindi ko kailangan ng pagtatanggol mo! Hindi ako Prinsesa na nanga-ngailangan ng Prinsepe'ng tutulong sakin!"**

*No, your not a princess but soon you'll be.*

**"Oo... Pero--- Jay!"** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil sa bigla nyang pag-alis.

Sinundan ko sya at bahagyang tumakbo para maabutan ko sya. Ganun pa rin ang itsura nya. Wala akong balak ba hayaan syang makipag-away mag-isa. Kahit hindi sya manghingi ng tulong, tutulungan ko pa rin sya.

*Kaylangan ko ng umisip ng isasagot sa Head Master.*

Napatingin ako sa kotse ko. Naging sagabal yun sa daan at ang dami ng bumubusina. Lumapit ako don at binuksan ang pinto sa passenger seat.

Tinignan ko si Jay-jay at hinintay na sumakay. Tinitigan muna nya ko ng masama. Mukang nagdadalawang isip kung sasakay ba sya o hindi.

**"Baka ma-late na tayo... Tara na!"** Aya ko.

Malalim ang naging buntong hininga nya at sumakay sa kotse. Mabilis akong tumakbo palapit sa driver's dahil ang laking perwisyo talaga ng kotse ko sa kalsada. Buti nalang talaga at walang malapit na police.

Habang nasa byahe sa bintana na naman sya nakatingin. Kagaya ng lagi nyang ginagawa. Kailangan ko na syang maka-usap tungkol kay Head Master.

**"Jay-jay... Can we talk?"**

**"You're already talking."** Bored nyang sagot sakin.

*Patience.... Patience.*

**"Remember our Family Tree? The Hanamitchi clan with the Head Master?"** I ask.

Minsan ko na kasing napaliwanag sa kanya ang Family Tree at tradisyon namin. Pero ang sabi nya wala daw syang naintindihan. Ang gulo-gulo daw ng pamilya namin.

Unti-unti syang humarap sakin at naka-taas ang isang kilay nya sakin. Kahit ganyan ang itsura nya kahit papano naka-ginhawa ako.

**"Well... Somehow, somewhere and something came up that our Head Master is in our house."** Sinubukan kong ipaliwanag sa mabilis na paraan at malinaw para sakin. **"...And he wants to meet you."**

Nawala ang mataray nyang reaksyon sakin pero nanatili syang naka-tingin. Hindi ko alam kung natatakot sya sa Head Master ng angkan.

**"Yuri..."** Tawag nya sakin at sandali ko syang tinignan. **"...Pwede favor?"**

**"A-anu yun?"**

**"Paki-hanap yung paki ko sa sinasabi mo. Hindi ko kasi makita."** She said sarcastically.

Napabuntong hininga ako. I knew it. Ramdam kong meron syang ihihirit sakin kaya kahit nagtataka ako sa salitang '*favor*' na bintawan nya, hinayaan ko lang.

*Hangang kelan ka magiging ganito?*

Alam kong kasalanan namin to pero hindi ko maiwasan na hindi hanapin ang Jay-jay na nakilala namin. Ganito yata talaga ang nagagawa ng sakit. Nagagawang baguhin ang isang tao.

Nakarating kami sa school. Hindi pa man ako nakakapag-park ng maayos bumaba na sya ng kotse kagaya ng lagi nyang ginagawa.

Nakakalungkot. Kung ganito ng ganito baka kausapin ko na si Tanda at Angelo. Baka iatras ko na ang kasal.

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

*Red Hair Nerd!*

Bwisit tong Yuri na to! Sinira nya ang araw ko. Akala ko ba naman makakaligtas na ko sa kanya pero nahanap pa rin nya ko. Ibang klase!

Parehong-pareho sila ng bestfriend nya. May linyang pang-bangko. Akala mo naman! Kainis! Dapat sa kanilang dalawa sinusumpa.

*Maging tatlo mata nila o kaya isa nipple.*

Hindi pa ko nakakarating sa room namin pero parang meron na kong naamoy. Binilisan ko yung lakad dahil parang pamilyar sakin.

Pagtapat ko sa room nagkukumpulan sila sa likod kung nasan yung parang kusina namin---nila lang pala. Wala nga palang namin.

**"Pancake! Pancake! Pancake!"** Paulit-ulit na sigaw ni Ci-N habang kinakalampag ang lamesa. **"Pancake! Pancake!"**

**"Oo na! Para kang sirang plaka!"** Inis na sabi ni Eman.

Sabi na nga ba pamilyar ang amoy. Nag-luluto sila ng pancake. Ang sarap ng amoy at parang nakaka-gutom. Pero wala akong balak makisali sa kanila.

Umupo na ko sa pwesto ko at kinuha ang cellphone ko. Kinabit ko ang headset at sinalpak sa tenga ko sabay todo ng volume. Nakinig nalang ako ng music kagaya ng lagi kong ginagawa.

*Parang mas gusto ko yung dati kong cellphone.*

Madami akong games dun at kung anu-anu pa. Meron ding movie don. Kainis kasi! Kasalanan to ng Dimunyung Hari ng mga Ulupong. Pati tuloy cellphone number napilitan akong magpalit.

Naisipan kong itext si Percy. Nabo-bored na kasi talaga ako dito.

**To:** *Percing...*
**Message:** *anu gwa u?*

Akala ko nung una hindi sya magrereply kaya napangiti ako ng may dumating na message galing sa kanya.

**From:** *Percing...*
**Message:** *hulaan u* 😆

*At nagpahula pa ang Gago.*

**To:** *Percing...*
**Message:** *nagpp-GWAPO?*

**From:** *Percing...*
**Message:** *no need! I'm already handsome. 😎*

Napangiwi ako sa reply nya. Solid talaga ang kakapalan ng muka nito. Minsan kailangan ding ihampas sa pader para mabawasan.

**To:** *Percing...*
**Message:** 😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑😑

Panigurado akong tinatawanan na naman nya ko. Tumunog ulit ang cellphone ko. Akala ko sya na yung nag-reply pero isang unknown number pala.

**From:** *+639*********
**Message:** *My life.*

*Huh?! Wrong send pa ata.*

**To:** *+639*********
**Message:** *wrung cind ka.*

**From:** *+639*********
**Message:** *Jasper Jean Mariano*

Muntik ko ng mabitawan yung phone ko. Agad kong niligid ang paningin ko sa pagbabaka-sakali na isa kanila ang nagtext na to. Baka pinagt-tripan lang nila ko. Pinagmasdan ko din mabuti yung number pero hindi pamilyar sakin.

**To:** *+639*********
**Message:** *hu u?*

**From:** *+639*********
**Message:** You're my everything.

*May pangalan bang 'You're my everything'?*

Mag tao talaga ngayon, hindi na makapag-pangalan ng matino. Unique kung unique ang hanap. Pati '*You're my everything'* ginamit na.

Tutuloy ko na sana ang pagreply sa kanya pero napahinto ako dahil sa plato na naka-balandra sa pagmumuka ko. Naka-ngiting inaabot sakin ni Ci-N ang plato na may lamang Pancake.

Mukang mainit pa dahil sa kaunting usok na nakikita ko. Tunaw na rin yung butter sa ibabaw at kalat-kalat ang syrup. Tinanggal ko yung headset ko at hinarap sya.

**"Ayoko... Ikaw nalang kumain."** Walang gana ko sabi at tinulak palapit sa kanya yung plato.

**"Masarap to! Naalala mo nung pinag-luto mo ko ng ganito?"** Buong galak nyang sabi.

Naaalala ko. Yun yung posting day ng grade at yun din yun araw na pinagbintangan syang magnanakaw. Pinili kong magkibit balikat sa kanya, yun nga lang syempre Ci-N Peralta to kaya naman...

**"Kunin mo na!"** Naka-ngiting sabi nya habang tinutulak na naman yung plato.

Tinulak ko ulit ang plato pabalik sa kanya. **"Wala akong gana kumain ngayon."**

Muli na naman nyang nilapit sakin ang plato. **"Masarap to!"**

*Anaknang...*

Nagsisimula na kong mainis sa ginagawa nya. Muli kong tinulak ang plato pero ganun na naman ang ginawa nya. Nakangiti pa sya habang nakaharap sakin at lalung nakadagdag ang nararamdaman ko yun.

**"Ci, ayoko nga. Sayo nalang o ibigay mo sa iba."** Mahinahon kong sabi.

**"Para sayo to."**

**"Ayoko."**

**"Tikman mo muna. Promise hindi ka magsisisi."**

**"Ayoko nga."**

Malapit-lapit na kong masagad sa ginagawa nya. Pinipilit kong pakalmahin ang sarili ko pero kung hindi sya titigil baka hindi ko na mapigilan ang sarili ko.

*Kalma Jay, kalma.*

Kinuha nya yung tinidor na nakapatong sa plato at kumuha ng kapirasong pancake. Nilapit nyang pilit sa bibig ko yun.

**"Tikman mo na.... Say ahhhh."** Sabi nya habang nakatapat sa bibig ko yung tinidor na may pancake.

Nilayo ko yung muka ko pero nakasunod pa rin sya. *Naiinis na talaga ako!* Kusang tumaas ang kamay ko para tabigin ang kamay nya pero pati yung platong hawak nya natabig ko din.

**"Ayoko nga sinabi!"** Inis na sabi ko sa kanya.

Malungkot ang mga mata nyang nakatingin sa platong nasa sahig na ngayon. Pati ako napatingin na rin don.

*Shit! Bakit ganito?!*

Parang may kung anong kumukurot sa puso ko. Huminga ako ng malalim at umiwas pero nasa-lubong ko naman yung tingin ng mga Ulupong sakin. Iba-iba ang reaksyon nila.

**"O-okay lang... K-kukuha nalang k-kita ng bago."** Sabi ni Ci kaya tinignan ko ulit sya.

Basag ang tinig nya at halatang malapit ng umiyak. Pinilit nyang ngumiti kahit nangingilid na ang luha nya. Nag-salubong ang kilay ko. Nawala na ang inis ko at napalitan na ng galit.

*Galit sa sarili ko dahil nasasaktan ako.*

**"Itigil mo na to! Hindi ka ba nakaka-halata?! Hindi na tayo babalik sa dati kaya sumuko kana!"** Galit na sabi ko.

**"Jay-jay."** Sita sakin ni David para patigilin ako. Tinignan ko sya ng masama.

Narinig ko ang paghikbi ni Ci-N. Dahan-dahan akong humarap sa kanya at parang sinuntok ang puso ko ng makita kong pinupunasan nya ang luha gamit ang likod ng kamay.

**"B-bakit?"** Sabi nya. **"...Bakit a-ako susuko?"** Inangat nya ang tingin sakin. **"...sumuko kaba non nung pinagbintangan akong magnanakaw? Sumuko kaba non kay Calix at Mica, kay Denzel at Grace? Kay Drew? Sinukuan mo ba ang isa samin?"**

*Tumigil kana!*

Kinagat ko ang ibabang labi ko at tumingin sa ibang direksyon. Aaminin ko nahihirapan din ako ng ganito. Ayoko silang tiisin pero masakit eh.

**"...Kaya wag mo ko sasabihan ng sumuko! Kasi hindi mo ginawa samin kaya hindi ko din gagawin sayo."** Dagdag nya at huminga ng malalim. **"...Dyan ka lang! Kukuha ulit ako ng Pancake."**

Lumakad sya pabalik sa likod kung nasan si Eman. Kita ko ang pagtapik ng iba sa braso nya. Para bang sinasabi nila na tama sya.

*Kainis! Hindi naman kasi dapat ganito!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 209

**A/N:** Wala lang... Feel ko lang mag-author's note. Hahahahaha... Mais kasi!

**Section E**

***Jay-jay's POV***

Ang tahimik ni Percy. Kanina pa sya walang kibo mula ng dumating sya dala ang pananghalian ko. Nasa second floor ulit kami.

Tapos na kong kumain at kasalukuyang nakatitig sa likod nya. Nakatayo kasi sya at naka-sandal ang mga siko sa bakal. Nagbuntong hininga ako at tumayo para tumabi sa kanya. Sinandal ko din ang siko ko sa bakal at tinignan ang mga basura sa baba.

*Ang sarap sanang tumambay dito sa second floor pero lakas makasira ng view yung mga basura.*

**"Percy..."** Tawag ko sa kanya.

**"Mm?"** Sagot nya.

**"Ang tahimik mo ata. Anu meron?"**! Kuwaring pang-aasar ko pero nulang walang talab yun.

Tinignan lang nya ko at umiling. Nakakapanibago! Ang weird tuloy sa pakiramdam. Para bang meron syang sakit na malala.

**"Uy... Percy."** Tawag ko ulit sa kanya at bahagyang tinabig sya.

Ngumiti ulit sya. **"Wala to... Magkwento ka nalang."**

Kahit naguguluhan ako sa inaarte nya ginawa ko ang gusto nya. Nagkwento tungkol sa nangyari kaninang umaga. Sa pagitan namin ni Ci-N.

Tinakasan ko sya kanina matapos nyang tumalikod at kumuha ulit ng pagkain. Tumambay ako sa CR at nung feeling ko dumating na si Sir dun lang ako bumalik na parang walang nangyari.

**"Ay harsh..."** Komento nya.

**"Hindi ko napigilan yung galit ko."** Sabi ko na halos pabulong.

Napapikit kami pareho ng dumampi samin ang malamig na hangin. Presko talaga dito sa taas. Salamat sa mga puno sa paligid.

**"May itatanung ako sayo."** Sabi nya at hinintay ko naman ang sasabihin nya. **"...Panu ka nakatagal sa Section na yan?"**

*Nakatagal?*

**"A-ang totoo..."** *Dahil pinaramdam nilang kabilang ako sa kanila. Dahil pinahalagahan din nila ko at prinotektahan. Dahil sinakyan din nila ang trip ko sa buhay.* **"...Hindi ko alam."**

Malakas ang naging buntong hininga nya. Hinayaan ko naman sya dahil parang malalim ang iniisip nya. Naging tahimik kami ng mga sumunod na minuto.

Hindi pa rin mawala sa isip ko yung itsura ni Ci-N habang pinupunasan ang luha nya. Ganun naba ko katigas? Nag-iba naba ko? Masama na ba kong tao? Bumabalik naba ko sa dati?

**"Percy..."** Bulong ko na mukang hindi rin nya narinig. **"...panu ba magpatawad?"**

Hindi sya nagsasalita. Kaya malakas ang kutob kong hindi nya narinig ang sinabi ko. Aaminin ko, may bahagi ko ang nagsasabi na walang saysay ang pagtitiis ko.

*Para saan nga ba ang pagti-tiis na to?*

**"Mahirap."**

Napa-angat ang tingin ko sa narinig ko. Halos bulong lang din ang pagkakasabi non kaya hindi ako sigurado sa narinig ko.

**"Mahirap."** Pag-uulit nya. **"...Lalo na kung sobrang sakit ng ginawa nila."**

Ako lang ba o parang may hugot sya sa sinabi nya. Seryoso pa naman yung itsura nya kaya parang meron talagang laman yung sinasabi nya.

**"May problema ka no?"** Tanung ko sa kanya. **"...halata na eh."**

Bahagya syang yumuko at ngumisi. Sa ginawa nyang yun medyo gumaan ang pakiramdam ko.

**"Ang daya kasi..."** Sabi nya umikot para isandal ang likod nya sa bakal na sinasandalan ng siko nya kanina. **"...Sinabi ko naman sayo dati diba? Masama ang loob ko kay Mama?"**

Nag-nod naman ako at pinagpatuloy nya ang pagsasalita.

**"Iniwanan nya kami noon nung maliit pa ko---kagaya ng ginawa ng Papa mo sayo. Tapos nung nagkita kami ulit nung nasa ospital na ko. Ang masakit pa nito hinayaan nyang isipin nilang patay na ko..."** Nagbuntong hininga sya at tumingala. **"...nilayo nya ko dito at binigyan ng bagong buhay, pero lahat ng yun hindi man lang nya kinunsulta sakin."**

*Nagdisisyon sya ng hindi sinasabi sa kanya.*

Alam ko yung pakiramdam na yan. Na parang wala kang sariling isip. Ginagawa nila sakin yan at sa totoo lang sobrang hirap.

**"P-panu mo sya napatawad?"**

**"Kusa nalang... Isang araw nagising nalang ako na unti-unti ng nawawala yung galit ko sa kanya."** Nakangiting sagot nya sakin.

*Kusa nalang?*

**"Panung kusa?"**

**"Pinakita nyang bumabawi sya. Walang araw na hindi nya ko inasikaso kahit madalas ko syang sungitan."**

Napayuko ako. Ganyan din ang ginagawa nila sakin ngayon pero kapag pumapasok sa isip ko yung salitang patawad bumabalik sakin lahat ng ginawa nila.

*Pinagpustahan, pinagka-isahan at pinaniwala.*

**"...Tapos ngayon nagsisimula na naman sya."** Sabi nya.

Taka akong napatingin sa kanya. Kaya ba ganyan sya? Yun ba iniisip nya?

**"B-bakit?"**

**"Alam na kasi nyang nagpakita na ko sa lahat. Nagalit sya, hindi na daw dapat ako bumalik."** Napailing sya habang kagat-kagat ang ibabang labi nya. **"...kainis!"**

Nakatitig lang ako sa kanya. Halatang inis na inis sa mga sinabi ng Mama nya. Pero may isang bagay sa isip ko na gustong gusto kong itanung sa kanya.

**"K-kelan babalik dito si Papa?"** May halong paki-usap ang tinig ko.

Nawala ang inis sa muka ni Percy at unti-unti syang naging seryoso. Dahan-dahan din ang paglingon nya sakin kasabay ng paglunok nya.

*Natatakot ako sa isasagot mo sakin.*

Huminga sya ng malalim. **"Hindi na..."** Bahagya syang umubo. **"...Hindi na sya babalik dito."**

Umayos ako ng tayo habang hindi inaalis ang tingin sa kanya. *Hindi na babalik?* Anu to? Tang'na! Ilang beses nyang sinabi sakin na magkikita din kami tapos ngayon hindi na babalik.

**"...dahil ikaw ang pupunta sa kanya."** Dugtong nya na nagpakunot sa noo ko. **"...pupuntahan mo sya sa New york."**

Malalim ang naging paghinga ko. Hindi ko maintindihan. Naguguluhan ako kahit ang linaw-linaw naman ng sinabi ni Percy.

**"A-anung..."**

**"Hinihintay ko lang ang birthday mo... Legal age kana at wala ng kontrol sila Angelo sayo kaya pwede ka ng sumama sakin."**

Lumunok ako at unti-unting umiling sa sinabi nya. Hindi pa rin napuputol ang tingin ko sa kanya kahit may ilang beses na kong kumurap.

**"S-sa tingin ko... Hindi mangyayari yan."** Bahagyang nagsalubong ang kilay nya. **"...I-ikakasal na kasi ako pagtungtong ng birthday ko."**

*Kaya hindi ko na mapupuntahan si Papa.*

**"...Kay Yuri."** Sabi nya.

Hindi ako sigurado nung una kung alam nya ang engagement na yon pero syempre alam na ng buong Section E yun kaya hindi imposible na hindi nya malaman.

Nagkuyom ang kamao nya ng hindi ako sumagot. Para bang nagsimula na naman syang mainis. Alam kong may problema sya kay Yuri pero wala naman syang sinasabi kung ano yun.

Si Freya ang unang pumasok sa isip ko pero parang meron pang iba.

**"Ayos din yung Palito na yon. Sarap sindihan ng ulo."** Sabi nya habang nakatingin sa ibang direksyon. **"...Palibhasa kasi duwag kaya kumikilos ng palihim. Inutakan ka pa para lang mapapayag sa kasal na yan."**

Ang wirdo talaga nya pagdating kay Yuri. Lahat yata ng inis at sama ng loob nya lumalabas sa bibig nya kapag napag-uusapan yung isa.

**"Inaano kaba ni Yuri?"**

**"Buset kasi!"** Sigaw nya at naglakad-lakad. **"...duwag naman."**

Nagsalubong ang kilay ko. Hindi sa kinakampihan ko si Yuri pero ang unfair lang kasi ng dating sakin. Hindi naman nya nililinaw kung anung dahilan ng galit nya.

**"Hindi sya duwag."** Sabi ko at bigla nalang nya kong tinignan ng masama.

**"Kilala mo ba talaga si Yuri?"** Iritang tanung nya.

Gusto kong sabihing '*OO*' pero hindi ko magawa. Naalala ko lahat ng sinabi sakin ni Ci-N at yung mga ginawa nya sakin. Mas tamang sabihin na...

**"H-hindi."**

**"Kaya wag mong sasabihin na hindi sya duwag."**

**"Pero----."**

Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko ng bigla nyang sipain ang isang sirang upuan na naka-kalat lang malapit samin.

**"I fvcking hate him."** Dinig kong bulong nya.

Hinayaan ko muna syang mag-ikot-ikot at maglabas ng inis. Maka-ilang ulit syang huminga ng malalim. Magkaka-tropa talaga sila, hirap na hirap mag-alis ng galit.

Maya-maya pa ay muli syang bumalik sa tabi ko. Seryoso pa rin ang itsura nya at parang hindi naman nawala ang inis nya.

**"Can i ask you something?"** Tanung nya.

Handa na sana akong barahin sya ng '*your already asking*' pero pinigilan ko ang sarili ko dahil sa itsura nya parang sasapakin ako kapag hindi ako umayos ng sagot.

**"A-anu yun?"**

**"Did Felix said anything about Gang war?"**

*Gang war?*

Gyera ng mga Gang na walang magawa kaya naisipan nilang mag-away-away. Hindi naman kami nagkaka-usap ni Felix kaya wala akong narinig sa kanya tungkol don.

**"Wa....la..."** Sabi ko habang unti-unting umiiling.

**"Isa pa yung nagpapa-init ng ulo ko! I heard him last night talking to someone over the phone. I try to talk to him but he refuse to tell me anything. We argue about it and I almost punch him."** Paliwanag nya habang nagku-kuyom ang kamao.

*Yun naman pala! Kaya may topak...*

**"A-anu bang pinag-uusapan nya ng kausap nya?"**

**"Hindi ko maintindihan eh. Basta makiki-sali daw sila sa Gang War na yan."**

Wala akong maalala na isang Gang ang buong Section E. Kaya hindi ko rin maintindihan kung bakit makikisali sila sa gulo na yun. Isang Section o Grupo lang naman sila na mahilig makipag-basag-ulo pero hindi naman sila Gang.

**"K-kelan daw yang Gang War na yan?"**

Tinignan nya ko ng seryoso. **"Mamaya."**

*Agad-agad?!*

**"...susubukan kong pigilan si Felix. Kainis! Nawala lang ako naging basagulero na yung kapatid ko."**! Dagdag nya.

Pinagmasdan ko sya sandali hangang sa tumunog ang cellphone ko kaya tinignan ko. May textmessage na dumating.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *my life...*

Eto na naman sya. Yung unknown number na text ng text sakin. Hindi ko na nga nirereplyan dahil aksaya sa oras. Pinangalanan ko na rin para makilala ko agad yung number nya.

Napatingin ako sa oras sa cellphone ko. 15 minutes nalang time na. Hinarap ko si Percy na kasalukuyang salubong ang kilay.

**"Kailangan ko ng bumalik. Mag-t-time na."** Paalam ko at nag-nod naman sya.

Niligpit muna namin yung pinagkainan namin at tinapon yun sa harap ng room. Lalayo paba kami eh muka namang tambakan ng basura yung harap.

Lumiko na ko pabalik sa room pero napahinto ako ng makita ko si Percy na naka-sunod sakin.

**"Aanu ka? Dun ang daan mo."** Sabi ko sabay turo sa kabila.

**"Dyan muna ko sa room nyo. Tinatamad pa kong umuwi."** Sabi at naglakad papunta sa room namin.

Sumunod ako sa kanya at hinayaan nalang sya sa gusto nya. Pagpasok sa room nasa kanya ang tingin ng lahat. Gulat at puno ng pagtataka ang mga itsura nila except dun sa hari.

**"Saan ka naka-upo?"** Tanung nya habang nililigid ang mata sa room.

**"Dito."** Sagot ko habang nakaturo sa lamesa ko na nasa tabi lang ng pinto.

Tinignan nya yun at tinignan din si Ci-N na katabi ko. Ang tanging pwede nalang nyang upuan na malapit sakin ay yung bangkuan sa likod ko.

**"Bata..."** Tawag ni Percy kay Ci-N. **"...lipat ka. Dyan muna ko."**

Naka-titig lang si Ci-N sa kanya. Tinignan nya ko tapos ay binalik din ang tingin kay Percy.

**"Ayaw."** Sagot nya.

**"Sige na... Ngayon lang naman. Bukas dyan kana ulit."** Paki-usap ni Percy.

**"Ayaw."**

**"Paupo lang naman... Hindi ko naman aangkinin yang pwesto mo."**

**"Ayaw."**

**"Ngayon lang naman."**

**"Ayaw."**

*Yan na! Nag-away na dalawang isip-bata.*

Halatang nag-sisimula ng mainis si Percy sa ginagawa ni Ci-N sa kanya. Pwede naman kasi syang pumwesto sa likod ko bakit napili pa nya yung pwesto ni Ci. Goodluck naman kung mapa-alis nya.

**"Anu bang meron dyan sa pwesto mo at ayaw mong iwan?"** Iritableng tanung ni Percy.

**"Gusto ko tabi kami ni Jay-jay."**

**"Gusto ko din sya katabi."**

**"Gusto kaba nyang katabi?"** Mapang-inis na tanung ni Ci.

Humarap sakin si Percy at kita ko ang pagsalubong ng kilay nya. Hindi pa nawawala yung galit nya kanina mukang madadag-dagan pa.

**"Papatulan ko tong bata na to."** Inis na bulong nya sakin pero mukang narinig din ni Ci dahil sa pagsalubong ng kilay nito.

**"Dun ka nalang kasi."** Sabi ko sabay turo sa pwesto sa likod ko.

**"Ayoko. Gusto ko dito."** Sagot nya sakin.

Napabuntong hininga nalang ako sabay ng pag-iling. Umandar na naman kasi yung pagiging isip bata nya.

Hinarap ulit nya si Ci na masama na ang tingin sa kanya. Kulang nalang magsuntukan sila sa harap ko.

**"Dyan na kasi ako. Bukas naman dyan kana ulit."** Sabi ni Percy.

**"Ayaw."**

Mukang napikon na si Percy dahil sa pag-singhap nito.

**"Pipitikin kita! Kanina ka pa!"** Sigaw nya kay Ci.

**"Sisipain kita! Kanina ka pa!"** Sagot naman nitong isa habang ginagaya ang tono ng pananalita ni Percy.

**"Tapang mo ah?"**

**"Panget mo ah?"**

Humarap sakin si Percy habang naka-turo kay Ci-N.

**"Inaaway ako ng bata!"** Sabi nya na parang nagsusumbong sa magulang.

Napabuntong hininga ako at bahagyang lumapit kay Ci.

**"Lumipat ka muna. Bukas naman dyan kana ulit."**

Bahagya syang ngumuso at kumurap-kurap. **"Pero gusto kitang katabi."**

Bored kong hinarap si Percy. **"Ayaw talaga. Wala akong magagawa."**

**"Kulit nitong bata na to! Bansot naman."** Parinig ni Percy.

Agad syang tinignan ng masama ni Ci. **"Kulit nitong panget na to! Supot naman."**

Nakarinig ako ng tawanan mula sa mga Ulupong. Mukang nakikinig sila sa away nitong dalawa. Napatingin ako kay Percy at mangilid-ngilid pa ang luha nya habang naka-turo sa sarili.

**"Panget daw ako tsaka supot! Papatulan ko talaga tong bata na to!"** Inis na sabi nya.

Napangiwi nalang ako. Mukang hindi pwedeng pag-samahin ang dalawang to. Bukod sa pareho silang isip bata, may iiyak at iiyak talaga sa kanila kapag nagka-pikunan.

**"Ewan ko sayo."** Bored na sabi ko at naupo na sa pwesto ko.

Wala namang nagawa si Percy kundi ang umupo sa pwesto sa likod ko. May pagkakataon nag-aasaran pa rin sila ni Ci. Sasawayin ko sana sila pero alam kong masasayang ang laway ko sa kanila.

Tumunog na naman ang cellphone ko. Isang textmessage na naman ang nareceive ko mula sa *GagongBaliw* na unknown number. Walang laman ang message nya kaya hindi ko pinansin pero maya-maya lang nagtext na naman sya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *ILoveYou my Everything...*

*Tsk! Sino ba tong Gunggong na to!*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Gunggong!*

Napapangiti pa ko habang sinesend ang reply ko sa kanya. Lakas kasi ng trip ayaw naman magpakilala. Malaman-laman ko lang kung sino to, papaduguin ko sa suntok ang muka nito.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I'm not Gunggong but maybe an Ulupong.*

Agad kong tinignan yung mga Dimunyung Ulupong. Wala ni isa sa kanila ang may hawak na cellphone o pwedeng kahina-hinalang gumagawa na naman ng kalokohan sakin.

*Kainis! Sino ba to?!*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Cno kb? Tiglan mo na ko, hnd ka nkktuwa.*

Hinintay ko ang sagot nya pero wala na. Hindi na sya nagreply pa. Mukang sinunod naman yung sinabi ko.

Dumating na ang teacher namin kaya naman tinago ko na ang cellphone ko. Humarap ako sa board at kuwaring interesado sa tinuturo samin pero ang totoo----walang pumapasok sa isip ko.

May pagkakataon na napapatingin ako dito sa mga katabi ko. Ayaw kasi talaga nilang nagpa-awat. Minsan pang magbatuhan sila ng papel.

**"Bansot."**

**"Supot."**

Pasinghal na bulong nila sa isa't-isa. Hindi ako natatahimik sa dalawa na to. Dapat yata hindi ko na papuntahin si Percy dito o kaya palayuin ko na si Ci-N.

*Gulo kasi!*

Habang naghihintay ng sunod na klase, kinuha ko yung cellphone ko at balak ko sanang maglaro. Napahinto ako ng makita kong may textmessage pala.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I'm ur saviour. I saved you from your kidnapper and claim my price at the same day.*

Kumunot ang noo ko. Anung sinasabi nitong Gunggong na to? Baliw ata ang lintik. Malamang baliw to! Wala na sa lugar yung mga pinagsasabi nya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ulowl men!*

Mabilis ang naging pagsagot nya sakin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I miss ur lips. Can i claim it again?*

Bigla nalang akong kinabahan dahil sa pinagsasasabi nitong Baliw na to. Posible kayang si Kei----HINDI! Hindi to ang Hari ng mga Ulupong. Hindi sya magsasayang ng oras para lang gawin to.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *The fvck! Cno kba tlga?*!

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I told u. I'm ur saviour. I save you while you were blindfolded.*

Blindfolded? Isang pagkakataon lang ang naalala ko na naka-piring ako. Yung pagkidnap sakin kung saan nasaksak yung Dimunyung Hari.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ikw yng humlik skin?*

Nanginginig ang kamay ko habang tintype ang mga yun. Hindi nga si Keifer ang humalik sakin non. Kung ganun sino tong hudlong na to?

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *u got it right.* 😉

*Pakshit!*

Sino tong Gago na to? Kinakabahan ako kahit hindi naman dapat. Nanginginig pa rin ang kamay ko. Hindi ko na sya nireplyan at tinago nalang ang cellphone ko sa bag.

*Kung sino man to, wag syang papahuli sakin ng buhay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 210

**A/N:** Oo na! Oo na! Papahabain na po. Okay naba hangang Chapter 1000? Tapos bibigyan ko din ng flashback sila Yuri, Percy at Aries na umaabot ng 20chpters? Hahahahahaha... Sakit yata sa ulo non.

Yung Chapter 1000. Joke lang yan!

**Gang War**

***Jay-jay's POV***

Uwian! Ang pinaka-masaya sa oras ng pag-aaral. Uwian! Uwian!

**"Ako na maghahatid kay Jay-jay pauwi."** Seryosong sabi ni Percy kay Yuri.

Walang kibong nag-nod lang si Yuri at tumingin sakin na malungkot ang mga mata. Inirapan ko naman sya.

Tinignan ko si Percy na masama ang tingin kay Felix. Ganun din naman ang kapatid nya sa kas. Kanina pa sila ganyan at kulang nalang mag-ispadahan ang mga mata nila.

*Mukang mag-aaway pa.*

**"Sumabay kana samin."** Utos ni Percy.

**"May lakad kami."** Seryosong sagot ni Felix.

**"Kung lumpuhin kaya kita para hindi kana makalakad."** Banta nya sa kapatid.

**"Problema mo ba?!"**

**"Ayaw mong sumunod sakin!"**

**"Percy."**

Pare-pareho kaming napatingin sa nagsalita na yun. Walang iba kundi ang Hari ng mga Dimunyung Ulupong. Seryoso ang tingin nya kay Percy habang nakapamulsa ang isang kamay at hawak naman ng isa ang bag.

**"...Kaya na ni Felix ang sarili nya."** Sabi nya at nilagpasan kami.

**"Iuwi mo na si Jay-jay. Aalis na kami."** Sabi ni Felix kay Percy at umalis na.

Tuluyan na kaming naiwan sa room habang magkakasunod naman silang lahat na naglalakad palabas. Nagkatinginan kami ni Percy.

**"Naiisip mo ba naiisip ko?"** Tanung nya.

**"Hindi. Paki ko naman sa iniisip mo."** Sabi ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

**"Wala kang saysay kausap no?"** Sarcastic na sabi nya sakin.

*Oo naman. Ako pa!*

Bahagya akong napangiti pero inismidan naman nya ko. Lumakad na sya at sumunod naman ako agad.

**"Anu ba iniisip mo?"** Tanung ko.

**"Susunod ako sa kanila. Ikaw umuwi kana."** Sagot nya at mas binilisan pa ang lakad.

Binilisan ko din ang lakad ko para maka-habol sa kanya. **"Anu?! Sasama ako!"**

**"Isa ka pang makulit! Hindi pwede!"**

**"Basta sasama ako!"**

**"Hindi nga sinabi pwede!"**

**"Sasama ako!"**

**"Kulit neto!"**

**"Sasama ako!"**

Tumigil sya sa paglalakad at inis akong tinignan. **"Kulit! Oo na! Oo na!"**

Napangiti naman ako at nagpa-una ng maglakad sa kanya. Kala naman nya mananalo sya sakin. *Makulit to men!*

Sa labas ng school naka-park ang kotse nya. Dahil ako ang nauuna saming dalawa, kinailangan ko pa syang hintayin bago ako maka-sakay.

**"Tagal mo naman maglakad!"** Inis na sabi ko paglapit nya.

**"Wow ha!"** Sabi nya habang ginagaya ang boses ni Babalu.

*Haha... Bagay sa kanya.*

Binuksan nya ang pinto ng kotse at nagpa-una na kong sumakay. Sumunod naman sya at sandaling binuhay ang makina ng sasakyan pero hindi kami agad umandar.

**"Hindi pa tayo lalakad?"**

**"Maglakad ka, mag-ko-kotse ako."** Sarkastikong sabi nya kaya buong lakas ko syang sinuntok sa braso.

**"ARAY!"** malakas na sigaw nya. **"...The fvck! What's wrong with you?!"**

**"Kinakausap ka kasi ng maayos kung anu-anu sinasabi mo dyan!"**

Inirapan naman nya ko habang hinihimas ang braso. May ilang minuto pa kaming naghintay bago nya tuluyang paandarin ang kotse.

Mabagal lang ang takbo nya. Handa na sana akong magreklamo sa ginagawa nya pero napatigil ako ng maintindihan ko na. Sinusundan namin ang kotse ng isa sa mga Ulupong at hindi kami pwedeng lumapit ng husto dahil mahuhuli kami.

*Tili-tilino talaga tong Percing na to!*

Malayo-layo na ang nabyahe namin pero hindi pa rin humuhinto ang sinusundan namin hangang sa bigla nalang lumiko. Sumunod ulit kami.

Wala ng bahay sa paligid. Puro tambak na sirang sasakyan nalang ang nakikita ko. Meron pang parang pinipi at pinagpatong-patong.

'*Parts for sale*'

'*Available Tires*'

Hindi ko alam kung anung lugar to pero puro signages ang nakikita ko. Nagbebenta ng parts ng kotse o kaya naman bumubili.

**"Anung lugar to?"** Tanung ko kay Percy.

**"Garage at impound. Dito dinadala yung mga kotseng idi-dispose na."**

Tinignan ko ulit yung paligid. Gabundok na bakal at shell ng kotse ang nakikita ko. Dahan-dahan ang andar ni Percy at bigla nalang nyang pinatay ang makina.

Naging tahimik sya habang tinitignan ang paligid. Hindi talaga ako sanay na ganito sya. Sanay ako sa pagiging makulit at korni nya.

*Lasingin ko kaya sya?*

**"Anung gagawin natin? Dito lang talaga tayo?"**

Tipid na tango ang ginawa nya. **"Marunong kabang mag-drive?"**

**"H-hindi. Bakit?"**

**"Nothing."**

*Weird neto...*

Kakaiba tuloy ang pakiramdam ko at para akong kinakabahan. Muka kaming ewan na naghihintay sa loob ng kotse. Narinig kong tumunog ang cellphone ko kaya agad kong kinuha yun.

May dalawang textmessage na dumating. Isa galing kay Yuri at isa galing sa *GagongBaliw.* Una kong binuksan ang message ni Yuri.

**From:** *Yuri*
**Message:** *home already?*

Hindi ko sya nireplayan. Binuksan ko naman yung sunod na message.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *i miss you*

Napangiwi ako sa nabasa ko. Eto na naman sya. Binura ko nalang ang message nya at nilagay ang cellphone sa bag ko.

**"Nagsisimula na sila."**

Napatingin ako kay Percy ng sabihin nya yun. Tinignan ko naman yung paligid pero wala naman akong makitang tao o marinig na kahit anong ingay.

**"Ha? Wala nama-----aaagghhhh!"** Napasigaw ako dahil sa biglang pagbagsak ng malaking tipak ng bato sa hood ng sasakyan. **"S-saan galing yan?!"**

**"Damn it! Gasgas ang kotse ko!"** Sigaw ni Percy at ini-start ang makina.

Pinaantras nya ang kotse at niliko sa kung saan bago patayin ang makina at bumaba ng kotse. Ganun din ang ginawa ko at tinignan pa yung gasgas at dent sa hood ng kotse.

**"Wag kang lalayo sakin!"** Sigaw ni Percy kaya halos tumakbo akong palapit sa kanya.

Mabilis ang bawat hakbang nya at parang merong hinahanap. Pumwesto sya sa likod ng kumpol na patong-patong na kotse. Bahagya syang umupo at sumilip don. Tumabi ako sa kanya at nakisilip din.

Mula sa pwesto namin, kitang-kita namin ang mga kalalakihang nagsusuntukan. May suot na mask yung iba at balot na balot naman yung iba pero meron umagaw ng pansin ko ng husto.

*Si Keifer....*

Nasa gitna sya at merong kausap na may hawak na baseball bat. Poker face lang ang luko habang mukang galit naman yung kaharap nya. Tinignan ko yung paligid dahil parang sya lang ang nakikita ko.

**"Badtrip! Wala sila dito!"** Inis na sabi ni Percy.

Mukang si Felix ang hinahanap nya. Totoong wala sila dito. Bigla nalang tumayo si Percy at mabilis na naglakad. Sumunod ako sa kanya.

*Parang akong aso nito! Badtrip!*

Halos patakbo na ang ginagawa ko dahil sa bilis nyang maglakad. Ang lalaki ng hakbang nya at parang susugod sa laban.

Napahinto kami ng may lalaking naka-mask at ang tumumba sa harap namin. Agad akong hinatak ni Percy at tinago sa likod nya. Sabay pa kaming nag-angat ng tingin. Si Ci-N ang una kong nakita habang patuloy sa pagsipa sa kalaban nya.

**"Jay?"** Tawag ni David na may hawak pang lalaki sa leeg.

Lumingon si Ci-N samin at agad na ngumiti. Isang malakas na sipa ang binigay nya sa kalaban nya bago tuluyang lumapit samin.

**"What the hell are you doing here?!"** Iritableng tanung ni David.

**"Sali ka sa away? Papanoorin mo kami?"** Buong galak na tanung ni Ci-N sakin.

Tinignan ko lang naman sya at si David na hindi pa rin binibitawan ang lalaki sa leeg. *Papatayin ba nya yun?*

**"Si Felix nasan?!"** Inis na tanung ni Percy.

Nagtinginan muna si Ci-N at David. Walang nagsalita sakanila pero tumaas ang kamay ni Ci at tumuro ang daliri sa kung saan. Mabilis na tinungo ni Percy ang direksyon na yon at ako naman tong patakbong sumunod sa kanya.

**"Ginagalit ako ng lintik na yon."** Dinig kong bulong nya.

*Parang si Kuya Angelo lang....*

Bigla kong naalala yung mga salitang binitawan ko sa kanya. Pakiramdam ko nasaktan ko sya. Pero masisisi nya ba ko? Pagod na pagod na ko kahit wala naman akong ginagawa.

Muli kaming sumuot sa kung saan at napansin ko sa isang sulok si Eren at Kit na binabanatan ng suntok at tadyak ang mga kalaban nila. Hindi naman nalalayo sa pwesto nila si Mayo at Josh na mukang kakatapos lang sa kalaban nila.

Binalik ko ang tingin kay Percy at dun ko lang napansin na malayo na pala sya sakin. Tumakbo ako para masabayan sya. Panay ang linga nya sa paligid.

Si Denzel at Drew ang sunod kong nakita. Bagsak na ang nga kalaban nila at kinakapkapan naman ni Drew ang mga bulsa nila.

**"Walang mga dalang wallet! Mga bobo!"** Inis na sigaw ni Drew ng makalagpas kami sa kanila.

Nakasalubong naman namin si Eman na dumudugo pa ang kilay. Bahagya pa syang nagulat ng makita kami pero pinili kong wag syang pansinin.

Si Calix naman ay naglalakad sa unahan namin habang may kinakaladkad na lalaking walang malay. Hindi nya kami napansin at tuloy-tuloy lang sa ginagawa.

*Yun ang weird sa pakiramdam....*

Ilang beses ko na silang nakitang makipag-away. Normal para sakin ang ginagawa nila dahil mga lalaki sila. Lagi nilang ginagawa yun at parang naging daily routine din nila noon.

Pero ngayon, parang ang brutal ng ginagawa nila. Parang mga walang awa sa kalaban nila at hindi nasisiyahan hangat hindi duguan at nahihirapan.

*Ngayon ko lang sila nakitang ganito.*

Noon, hahayaan na nila kapag bumagsak na pero ngayon parang hindi pa sila nasisiyahan. Kinakabahan ako mula kanina pero ngayon nagsisimula na kong matakot.

Ang sunod kong nakita ang nagpatibay sa takot ko. Si Edrix na kinadena ang kalaban nya sa isang poste at walang tigil nyang sinusuntok. Si Rory na walang tigil sa kakahampas ng kahoy sa dalawang lalaking nagmamaka-awa na sa kanya.

*Shit....Bakit?!*

Napakapit ako sa braso ni Percy ng hindi ko namamalayan. Mukang hindi naman nya pinansin yun. Patuloy pa rin sya sa paghahanap kay Felix.

Napahinto kami ng may malaglag na lalaki mula sa taas. Tumingala ako para makita kung saan galing yun. Si Blaster na nasa tuktok ng kumpol na bakal at frame ng kotse ang nakita ko.

Lalung humigpit ang hawak ko kay Percy dahilan para harapin nya ko.

**"Are you alright?"** Tanung nya.

Napalunok ako bago mag-nod sa kanya. Halatang hindi sya naniniwala. Hinawakan nya ang kamay ko at pinisil yun.

**"Yung totoo? May nararamdaman ka ba?"**

*Meron....natatakot ako!*

Pakiramdam ko lahat ng pumapasok sa lugar na to nagiging demonyo.

**"A-anu lang... Na-ta-tae lang ako."** Palusot ko at napangiwi nalang sya.

Ang sarap sampalin ng sarili ko dahil sa sinabi kong yun. Pota! Ang sala-ula lang ng datingan. Hindi ko kasi masabi sa kanya dahil alam kong priority nyang mahanap si Felix.

**"Mati-tiis pa ba? May tissue ako sa kotse. Pwede na siguro sa isang sulok dyan."** Sabi nya habang tumuturo sa isang bahagi ng naka-tambak na bakal.

Binawi ko ang mga kamay ko at binigyan ng nakaka-diring tingin. Ayos din mag-suggest to eh. Dito pa talaga at kung nakakalimutan nya, babae pa rin ako. Hindi naman pwedeng umupo nalang ako basta sa kung saan.

**"Matitiis pa!"** Inis na sabi ko at nagpa-una ng maglakad sa kanya.

Pero agad din akong bumalik sa kanya ng makarinig ako na lagabag. Para bang mga bakal na nagkalaglag. Kita ko ang pag-aalala sa muka ni Percy.

*Shit! Wag naman sana....*

Halos sabay kaming tumakbo at sinundan ang pinang-galingan ng tunog na yon. Nang marating namin yun, puro bakal lang na mukang bumagsak sa mataas na lugar ang nadatnan namin.

Inis na napasuntok si Percy sa hangin. Hindi pa rin nya kasi mahanap si Felix. Napatingin ako sa likod namin ng makarinig ako ng pamilyar na boses.

*Yung mga Ulupong.*

Mukang halos sunod-sunod silang naglalakad.

**"Percy."** Tawag ko sabay turo sa dinaanan nila.

Magkasunod kaming naglakad. Pinuntahan din namin yung parehong direksyon na nilakaran ng mga Gago. Napahinto kami ng makita namin si Keifer.

Andun pa rin sya sa parehong pwesto nya kanina. Sa pagkakataon na to yung kaharap nya kanina, nakaluhod habang hawak-hawak nya ang kanang pupulsuhan.

Halatang nasasaktan na yung isa. Walang reaksyong pinalipit ng Gagong Hari ng kamay nung lalaki dahilan para mapasigaw yun ng malakas.

*What the....*

Natakpan ko nalang ang bibig ko. Ilang beses ng ginawa ni Keifer yun sa harap ko at ganun pa rin ang nagiging reaksyon ko. Napatingin ako sa mga naka-bulagtang tao. Mga walang malay at duguan. Hindi ko alam kung buhay pa rin sila o ano.

*Iisipin ko nalang buhay sila kahit parang hindi na.*

**"FVCK!"** Malakas na sigaw ni Keifer kaya napatingin ako sa kanya. **"This is not enough!"**

**"Anung 'not enough'? Keifer... Kalahati na ng mga Gang ang napabagsak natin."** Sabi ni Felix habang tinuturo ang mga bagsak sa lupa. **"...anu pa bang kulang?"**

**"Do you think this will make us strong?! Ha?! Do you think this is enough?!"** Galit na sagot nya.

Hindi ko maintindihan ang nangyayari. Paki-explain nga author. Ang gulo kasi nung Dimunyung Hari.

(**N/A:** *mahal ka dw nya.*)

Tangina! Hindi na totoo yan. Uwian na! Nagkakalokohan na dito.

**"Anung gagawin natin? Salihan lahat ng Gang war dito satin?"** Iritableng tanung ni Edrix at tinignan sya ng masama nung Hari.

**"If that's the only way, then we will."** Madiing sabi nya.

**"Dinadagdagan mo lang ang ka-away mo! Manghingi ka ng tulong dun sa pinsan ni Jay-jay. Mas marami syang koneksyon."** Inis na sabi ni Josh.

**"Hindi pwede."** Walang buhay na sabi ni Yuri habang naka-cross arm. **"...Ilalayo nya si Jay-jay satin kapag nagkataon."**

**"Edi maganda!"** Sigaw ni Drew. **"...para masiguro nating ligtas sya."**

Sabay na tumingin ng masama si Yuri at Keifer sa kanya. Malaking bahagi ko ang nalito at na-curious sa sinabi nya. *Ligtas saan?* Bakit pakiramdam ko meron silang gulo na papasukin?

Hindi ko na dapat to iniisip pa. Pero hindi ako mapakali. Para bang nangangati ang utak kong alamin ang gulo nila.

*Ipakamot mo! Dali!*

Hindi na dapat ako nakiki-alam. Hindi na nga dapat ako sumama dito eh. Kasalanan to ni Percing. Yan tuloy kung anu-anu pumapasok sa isip ko.

**"Oh ba't ganyan kayo maka-tingin?!"** Inis na tanung ni Drew. **"...takot kayong mahiwalay si Jay-jay no?!"** Namamanghang tanung nya. **"...gagawan nyo ng kalokohan tapos ngayon magkaka-ganyan kayo!"**

Mabilis na dinampot ni Yuri ang kwelyo nya. **"Shut up, Drew."** Madiing sabi nya.

Nakipag-matigasan si Drew sa titigan. Maging ang ibang Ulupong parang na-alarma din at umulingasaw ang tensyon. Kulang nalang lumipad ang kamao nila sa isa't-isa.

*Magsuntukan na kayo!*

Bigla nalang lumingon sa side namin si Ci-N, ganun din si David at Eman. Silang tatlo lang nung una pero mukang naka-ramdam ang mga Gago at lumingon na rin samin.

Binitiwan ni Yuri si Drew at malungkot na tumingin sakin. Puno naman ng pagtataka ang iba samantalang walang naging ibang reaksyon si Keifer.

**"J-jay? K-kanina pa kayo dyan?"** Tanung ni Felix habang nagpapalipat-lipat ang tingin nya samin.

Hindi ako makasagot dahil nasa harap ko si Percy at kahit nakatalikod sya sakin ay ramdam ko ang galit nya. Mukang malapit-lapit na rin syang sumabog sa galit.

Mabagal ang bawat hakbang namin habang palapit sa kanila. Kulang nalang dagdag na effect na usok at hardcore na music. Action star lang ang peg.

**"Ito ba pinagkaka-abalahan mo?"** Mahinahon peros bakas ang diin sa boses ni Percy.

Hindi makasagot si Felix at piniling umiwas ng tingin. Mukang alam ni Percy na wala syang makukuhang sagot sa kapatid kaya si Keifer at Yuri ang hinarap nya.

**"Eto ba tinuro nyo sa kapatid ko nung wala ako?!"** Galit na tanung nya. **"...Tinuruan nyong sumali sa patayan?!"**

Nag-tinginan si Yuri at Keifer sa halip na sagutin si Percy. Pareho silang tumalikod at parang lalakad paalis. Ang lakas maka-bastos ng ginawa nila at hindi ko napigilang hindi magsalita.

**"Wag nga kayong bastos!"** Inis na sigaw ko sa kanila.

Humarap si Yuri sakin matapos huminto, samantalang nanatiling nakatalikod si Keifer samin.

*Mas mabuti yan... Mas mabuting hindi kita makaharap.*

**"Jay----."**

Agad na pinutol ni Percy ang sasabihin ni Yuri. **"Damn it, Yuri!"**

Nagbuntong hininga si Yuri at sandaling yumuko. Bago pa man bumuka ang bibig nya para magsalita, inunahan na sya ng Hari.

**"Your brother has his own mind. Turuan man naman sya, nasa sa kanya na kung sasama sya samin."** Sabi nya ng hindi humaharap samin.

Lahat ng tingin ay lumipat sa kanya. Kahit ako sa kanya din naka-tingin at sa hindi ko maintindihan na dahilan nakaramdam ako ng kakaiba.

*Natatae nga ata ako?*

Pero hindi eh! Para bang may nakatingin sakin. Awtomatikong luminga ang paningin ko sa bandang likuran. Wala naman akong makita na kung anong kakaiba.

Pinagpatuloy ko ang pagtingin at saktong pag-ikot ng katawan ko, sa mismong tapat ko ay may lalaking nakatayo. Bahagya akong napa-atras pero huminto din.

Naka-maskara sya ng itim na may tusok-tusok----parang sa porcupine pig. Naka-yukos pero mas mukang kuba, panay ang galaw ng ulo nya habang diretsong naka-tingin sakin dahilan para gumalaw-galaw yung mga tusok-tusok.

*Okay... Ang creepy nya.*

May hawak syang patalim sa kanang kamay. Napalunok ako ng ilang beses. Sinubukan kong humakbang paatras pero nakita kong hahakbang din sya pasulong sakin. Hininto ko ang balak ko at ganun din sya.

Putik! Kung lilingon ako para tawagin si Percy----na kasalukuyang nakikipag-talo----baka bigla nalang syang sumugod sakin. Bumibilis ang tibok ng puso ko dahil sa takot at nerbyos.

*Tangina naman...*

Hindi na ko nakagalaw sa kinatatayuan ko. Hindi ko mapigilang hindi manginig. Nakakatakot kasi ang pormahan nya. Idagdag pang mukang ako talaga ang target nya.

Handa na sana akong sumigaw ng malakas pero mukang nakita nya yun at inunahan ako. Sumugod sya sakin habang nakaturo ang patalim sa katawan ko.

**"P-PERCY!"** Sigaw ko at napa-pikit.

Hinintay ko ang pagtama ng patalim sa katawan ko pero parang wala akong maramdaman. Naka-angat pa ang dalawang braso ko para sana salagin. Unti-unti kong dinilat ang mata ko at don ko nakita ang dahilan.

S-si Keifer.... *Na-naman?!*

Hawak ng isang kamay nya ang kanang pulso ng lalaki. Samantalang nasa leeg naman ang isang kamay nya. Bahagyang naka-angat sa lupa ang mga paa nito.

**"Who the fvck are you?!"** Galit na tanung ng Hari sa lalaki.

Naramdaman ko ang pag-akbay sakin ng kung sino. Tinignan ko yun at ang nag-aalalang muka ni Percy ang bumungad sakin. Bahagya akong sumandal sa kanya dahil sa panlalambot ng tuhod.

Binalikan ko ng tingin yung lalaki. Sa halip na sagutin si Keifer, tinawanan lang nya at lalong mainis tong isa. Napalitan ng ungol ang pagtawa nya. Hinigpitan kasi ng Hari ang pagkakahawak sa kanya.

**"What the hell do you want?!"**

**"We... Want... Her... Dead."** Pa-udlot-udlot na sabi nung lalaki at tumingin sakin.

*We? Hindi lang isa?*

**"Who?! Who want her dead?!"** Galit na tanung nung Hari.

Sa halip na sagutin, tinawanan na naman nya kami. Anu ba to? Baliw? Putik na yan! Dapat yata talaga hindi na ko sumama dito.

Mukang napikon na si Keifer sa kanya. Pinalipit nalang nya ang pupulsahan at nadinig ko pa ang paglagutok ng buto nito. Malakas na hiyaw naman ang sinagot nya kay Keifer.

Pero ang nagpa-ngamba sakin ng husto ay yung sinabi nyang '*we want her dead*'. Sino sila? Bakit nila ko gustong mamatay?

Malalim ang naging buntong hininga ko. Mukang alam ko na ang sagot. Tinignan ko ng masama si Keifer. Binitiwan nya yung lalaki at pinanood na mamalipit sa sakit.

**"Kasalanan mo to!"** Sigaw ko sa kanya. **"...Ako na naman ang puntirya nila! Dahil na naman sayo!"**

*Ngayon naman gusto nila kong mamatay!*

**"Hahahahahaha!"**

Pare-pareho kaming napatingin dun sa lalaking naka-maskara. Hawak-hawak nya ang pulso nya at parang baliw na tumatawa.

**"Si Sato, si Jason at si Ram."** Tinignan nya si Keifer, Yuri at Ako.

*Paking-shit!*

Nambintang pa ko, may kasalanan din pala ako. *Pero kasalanan parin nya!* Kainis! Bwisit kasi! Hindi na nga normal ang buhay tapos ngayon nasa bingit pa ko ng kamatayan.

**"Sinong Sato?!"** Medyo inis na tanung ni Keifer.

**"Keifer."** Tawag ni Yuri sa kanya.

Wala syang emosyon habang naka-yuko. Pare-pareho kaming nagtataka nung una pero ng magsalita sya, naging malinaw sakin ang lahat.

**"Naka-laban ko sya dati."** Sabi nya. **"...at mukang binabalikan na nya ko."**

*Tapos ako na naman... Shutanginamers naman!*

Ang gulo! Sobrang gulo nito. Bakit ba kasi ako nagpunta dito?

**"Bumalik ka..."** Sabi ni Keifer na naka-tingin dun sa lalaking naka-maskara. **"...bumalik ka kila Sato, Jason at Ram. Sabihin mong ako ang balikan nila at paghahandaan ko sila."**

Halatang nagpipigil sya ng galit at iniiwasang saktan ulit ang lalaki. Dahang-dahang tumatayo ang lalaking naka-maskara at unti-unti naglalakad palayo. Medyo matagal bago sya nawala sa paningin namin.

**"Hindi ko alam na ganito ang nangyayari dito."** Sabi ni Percy. **"...Wala akong choice."**

Taka akong nakatingin sa kanya. Isa pa syang nagpipigil ng galit. Tinignan nya si Felix na nagtataka din sa sinasabi nya.

**"Sasama kayo sakin pabalik ng New York."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 211

**A/N:** Marami akong changes na ginagawa sa iba't-ibang chapter. Baguhan pa ko ng sinusulat ko ang AMNSE kaya marami pa kong hindi alam na ina-appropriate pala. So please bear with me, I'm trying my best to change those parts as fast as I can.

**Birthday gift**

***Jay-jay's POV***

Yung natitigan ko bigla yung mapa ng mundo. Ga-tuldok lang ang pilipinas, samantalang ga-pantal naman ang new york. Ang layo!

*Kabilang bahagi na ng mundo!*

Saan kaya dyan si Papa? Kung sasama ako, gano kami katagal sa New York? Panu yung pag-aaral ko? Panu na si Lola? Panu na yung mga maiiwan ko dito? Panu kung hindi na kami bumalik? Panu kung... Panu kung... Panu kung...

*Panu kung... Ang dami kong tanung!*

Nalukot ko ng wala sa oras yung mapa. Hindi ko kasi maintindihan yug nararamdaman ko. Para bang nae-excite ako na natatakot. Halo-halo tapos sasamahan pa na parang may paro-paro sa tyan ko.

Hindi ako mapa-kali sa kinauupuan ko. Malaking bahagi ko ang nagsasabi na sumama ako. Syempre! Makikita ko na si Papa. Pero may isang bahagi ko ang nagsasabi na hindi ako pwedeng sumama.

*Tsk! Kainis naman ih!*

Ang isa pang iniisip ko, si Kuya Angelo. Alam kong hindi sya papayag. Hindi rin papayag sila Tita Gema at Mama. Pero malinaw sakin ang sinabi ni Percy.

'*Itatakas kita kung hindi ka nila payagan. Basta sasama ka sakin.*' -Percy

Tatakas kami? Jusme.... Baka kung saan nalang kami pulutin non. Para kaming mag-syotang magtatanan. Hindi ko yata kaya yon.

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Ay dumating na text message. Galing kanino? Galing sa GagongBaliw na panay ang padala ng text message sakin.

*Eto na naman sya! Kulit!*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *my life, my wife...*

Napakunot ang noo ko. Kakaiba kasi talaga ang pakiramdam ko sa nagtetext na to. Kailangan ko atang hiramin ang sosyaling instinct ni David. Gusto ko na kasi talagang malaman kung sino tong hudas na to.

*Nang masapak na sa muka.*

Halos madurog ang screen ng cellphone ko sa pagt-type ng message sa Gunggong na panay ang text sakin. Matamis ang naging sagot ko sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Tangina mo!*

*Oh diba? Ang sweet ng reply ko!*

Tignan ko lang kung hindi umusok ang ilong nya sa galit. Kahit sino naman magagalit kapag minura ka sa text ng wala ka mang ginagawang masama.

At nang tumunog ang cellphone ko. Nakangiti pa kong basahin ang message nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *ILoveYouToo!*

Laglag ang panga ko habang napapa-kurap-kurap ang mata. Gusto kong ipukpok ang cellphone ko sa pader dahil sa inis----pero sayang, kakapalit lang nito.

Gustong-gusto ko na talagang makaharap ang animal na to. Kahit isang beses lang. Ipapadama ko lang sa kanya ang tamis ng kamao ko.

May ideyang pumasok sa isip ko. Hindi ko nga lang alam kung gagana.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Meet tyo... Gs2 kita mkita.*

Sana lang talaga kumagat ang punyeta. Muling tumunog ang cellphone ko, indikasyon ng pagsagot nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Bsta ba ready kng mg-make love skin.* 😉

*Ay ulowl!*

Anak ng Gago ang hayop. Ang masasabi ko lang sa kanya ay, malutong na malutong at malalim na hugot ng *PUTANG'NA MO!* Manyakis ang hudlong. Malaman ko lang talaga kung sino to, mag-super sayan 4 ako.

Sarap basagin sa suntok ng muka nya. Nang-gigil talaga ako. Mas lalu pa kong naiinis kapag naiisip na kilala ko ang hayop na to.

*Si Keifer kaya to?*

Imposible! Hindi papatol sa ganitong gawain yun. At para saan naman tong pagtetext nya kung sya nga to----kung sakali lang. Pinati-tripan ako? Libangan? Eh kakaiba naman pala talaga ang trip nya sa buhay.

'*I'm just playing around.*'

Shit! Parang may kung anung kumirot sa puso ko ng maalala ko yung sinabi nya. Nakatingin pa talaga sya sakin habang sinasabi yun. So lahat ng pinapakita nya, laro lang pala sa kanya.

*Kainis!*

Padabog kong nilapag ang cellphone ko sa study table. Nayanig ang ilang gamit ko, kagaya ng mga papel na patong-patong. Bahagyang gumalaw yun at lumitaw ang isang invitation.

Dahan-dahan kong kinuha yon at halos madurog ang puso ko ng makita ko yun. *Invitation ni Ci-N!* Napaupo ako sa kama.

*Birthday ni Ci-N...*

Naalala ko na naman yung pag-iyak nya sa harap ko. Yung mga salitang binitawan nya habang umiiyak at pilit pinupunasan ang luha. Dun ko napatunayan na kahit Ulupong sya, magnanakaw ng halik kay Rakki at puro kalokohan....isa pa rin syang Bata. Malungkot na bata.

Pakiramdam ko napaka-sama kong tao habang pinapanood syang umiyak sa harap ko. Mayaman sila Ci-N pero mahirap sya sa pagmamahal ng magulang. Namamalimos ng oras sa kanila. Lagi nyang sinasabi na okay lang kahit wala sila, kasi andyan ako sa tabi nya.

*Ako daw ang pumuna sa pagkukulang ng pamilya nya.*

Napahigpit ang hawak ko sa invitation. Naiinis ako! Naiinis ako sa sarili ko! Naiinis ako dahil nagpaloko ako! Naiinis ako dahil ang daming nasira ng mga kasinungalinan nila sakin! Naiinis ako dahil niloko nila ko! Naiinis ako dahil kahit sinaktan nila ko, may parte ko na hinahanap sila. May bahagi ko na gusto ng lumapit sa kanila at tanggapin sila.

*Pero hindi na pwede.... Hindi na kami kagaya ng dati!*

**"S-sorry Ci-N... Hindi na k-kasi babalik yung dati."** Pabulong kong sabi.

Binitiwan ko ang invitation at mabilis na nagpunta sa banyo para maligo. Sa huling pagkakataon, kahit hindi na maulit. Gusto ko ulit makitang ngumiti si Ci-N na parang walang problema, na parang sya ang pinaka-masaya sa lahat ng tao sa mundo, na parang kaya ka ring pangitiin ng ngiti nya.

*Sa huling pagkakataon.*

Pagkatapos maligo, nagbihis ako. Dinala ko ang wallet ko at cellphone. Paglabas ng kwarto ko, si Kuya Angelo agad ang nakita ko. Magpapa-alam na sana ako sa kanya pero tinalikuran nya ko.

Mukang masama pa rin ang loob nya sakin. Pinili ko nalang magpa-alam kay Tita Gema. Mukang wala si Mama dahil kaninang umaga ko pa sya hindi nakikita.

Bago lumabas ng gate, tinignan ko muna ang paligid. Baka kasi meron na namang sumusunod sakin at pagtangkaan ang buhay ko. Hindi pa ko nakaka-get over sa '*we want her dead*' na yan. Malay ko ba kung sino sila. Baka mamaya, nagpapanggap silang pulube para makalapit sakin.

**"Ate, palimos po."**

**"Shutanginamers!"** Malakas na sigaw ko habang naka-amba ng karate sa kamay.

Mukang nagulat naman yung batang namamalimos dahil sa biglaan nyang paglayo. Nagulat din naman ako eh! Panu kung totoo yung hinala ko.

**"Sino ka?! Sinong nagpadala sayo dito?! Sabihin mo! Sabihin mo!"** Sabi ko habang iniikot-ikot yung kamay ko sa ere.

*Feeling action star ako!*

Nanginginig pa ang kamay nya habang winawagayway kasabay ng pag-iling. **"A-ako po s-si Shan. W-wala pong nagpadala s-sakin."**

Siningkitan ko sya ng mata habang sinusuri ang buong katawan nya. Puro dumi at sugat ang binti nya. Ang baho din ng amoy nya at mukang sampung taong hindi naligo.

**"Wala talagang nagpadala sayo dito? Walang lumapit sayo para bayaran ka tapos utasan na lapitan ako?"** Tanung ko.

Umiling-iling sya. Mukang malapit-lapit na syang maiyak. Nangingilid na kasi ang luha sa mata nya. Binaba ko ang kamay ko pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya.

**"P-pwede na p-po ba kong u-umalis?"** Paalam nya habang unti-unti'ng humahakbang.

**"Sandali!"** Sigaw ko at para syang aatakihin sa puso.

*Masyadong nagmamadali!*

Dinukot ko ang wallet ko at kumuha ng barya. Inabot ko sa kanya yun at taka naman nya kong tinignan.

**"Akala ko namamalimos ka? Oh ayan na!"**

Dahan-dahan nyang itinaas ang kamay para abutin ang barya. Kinuha nya yun at napataas agad ang isang kilay ng makita nya ang halaga ng inabot ko sa kanya.

**"Ito lang?"** Medyo inis na tanung nya.

*Wow... Ni-lang nya ang 10pesos.*

**"Bakit?! Ayaw mo? Akin na..."** Sabi ko habang binabawi ang pera pero nilayo naman nya ang kamay. **"...Ayaw mo yata eh."**

**"Hindi n-naman po... Pero baka pwede pong dagdagan?"**

*Wow! Demanding ang pulube...*

**"Eh kung pektusan kaya kita!"** Banta ko sabay amba ng hampas sa ulo nya.

**"Sige na Ate, tinakot mo naman ako eh!"**

*Ay hindi ko kinaya ang batang pulube.*

Nakasimangot akong kinuha ulit ang wallet ko sa bulsa. Kumuha ako ng 100pesos at inabot sa kanya.

**"Oh ayan! Saksak mo sa baga mo!"** Inis na sabi ko pero tinawanan lang nya ko. **"...sige na! Alis na! Umuwi kana sa inyo at maligo ka. Nahiya yung pabango ko sa amoy mo."**

Inamoy nya sandali ang sarili. **"Wala naman akong amoy."**

**"Anung wala? Ayan! Amoy na amoy kita. Kahit langaw ayaw dumapo sayo."**

**"Sarili mo lang yun Ate... Tandaan malapit ang ilong sa bibig."**

*Ay wow! Wow talaga...*

**"Kung pag-isahin ko kaya ang ilong at bibig mo? Bet mo? Ha?!"** Banta ko.

Bahagya syang umatras habang nakatawa. Pumapatol pa naman ako sa bata. Mga isang kutos lang sa ulo. Solve solve na ko non.

**"Umuwi kana nga! Wag mong pang-aadik yan!"**

Tinaas nya ang perang inabot ko habang naglalakad paatras at naka-ngiti sakin.

**"Bibili ko po to ng bigas! Salamat po dito Ate!"**

Sinenyasan ko nalang syang umalis na. Mabilis naman syang tumakbo paalis. Ewan ko pero bigla kong naalala si Ci-N sa kanya.

Sana magawa ko pa ulit syang pangitiin ng ganun. Nagpatuloy ako sa paglalakad papunta sa kanto. Pumara ako ng jeep at mabilis na sumakay.

Sa pinaka-malapit na mall ang punta ko. Wala pa kasi akong ideya sa kung anung ireregalo ko sa kanya. Laruan sana pero alam kong marami na sya non. Alanganin ang damit dahil baka hindi nya suotin sa dami ng damit nya. Hindi ko naman alam ang size ng sapatos nya.

Habang naniningin sa department store may nakita akong pamilyar na tao. *Si Rakki...*

Balak ko sanang umiba ng daan pero mukang nakita na nya ko. Nakangiti syang lumapit sakin habang may hawak na paperbag.

**"Hi, Jay!"** Buong galak nyang bati sakin.

**"Hello..."** Pilit kong sagot.

Mukang naramdaman nya na wala akong gana humarap sa kanya. Bahagyang nawala ang ngiti nya sa labi. Hindi naman ako galit sa kanya o ano. Sadyang wala lang akong gana humarap sa kahit na kanino.

**"Tumitingin k-ka din ng ire-regalo kay Ci-N?"** Alanganing tanung nya.

Nag-nod naman ako. **"Ikaw din?"**

**"Oo eh."**

Naging tahimik kami pagkatapos non. Bahagya akong tumingin-tingin sa paligid at ganun din sya. Ayoko syang paalisin o iwan dahil parang ang bastos ko naman non. Kaya kahit labag sa loob ko....

**"G-gusto mong s-sabay na tayo tumingin?"** Aya ko.

Agad syang ngumiti at nag-nod. Nasira na ang plano kong tumingin mag-isa. Panu ko iisipin ang pwede ko iregalo kung may kasama akong madaldal.

Kasalukuyan kaming nasa men's section ng department store. Wala naman akong nagustuhan para sa kanya.

*Para sarili ko meron. Bakit ba sa Men's Section ako tumitingin ng isusuot ko?*

**"Jay... Gusto mong kumain muna?"** Tanung ni Rakki at dun ko naramdaman ang gutom.

Napahawak ako sa tyan ko at tumingin sa kanya. **"Sige."**

**"Ako ng bahala kung saan, libre ko naman."** Sabi nya at hinawakan ang kamay ko habang naglalakad.

*Yun oh! Nakatisod na naman ako ng libre...*

Dinala ako ni Rakki sa restaurant. Nginitian kami ng waiter na may dalang menu at tinuro sa magiging table namin. Muka akong ewan habang pinag-mamasdan si Rakki makipag-usap sa waiter.

Ngayon ko lang kasi napag-tanto na mayaman pala si Rakki. Dati ko na sinabi na muka syang Angel pero akala ko kagaya ko lang din syang dukha----ibig ko sabihin, may kaya pero sakto lang.

**"Ako na umorder, may gusto ka pa bang idagdag?"** Tanung nya na nagpabalik sakin sa ulirat.

Dahan-dahan akong umiling. **"W-wala na. Salamat."**

Muli nyang kinausap ang waiter. Muli ko din syang pinagmasdan. Napatingin ako sa daliri nyang nakasuot ng diamond ring.

*Yaman nito!*

**"Maganda ba?"** Tanung nya at umangat ang tingin ko sa kanya. **"Regalo sakin ng brother ko."**

*May ganyan din ako.... Bigay ni Yuri.*

Ngumiti nalang ako at nag-nod. Swerte nya sa kapatid nya. Samantalang ako, saksakan ng swerte. Dalawa kapatid ko. Isang may saltik at saksakan ng sungit. Isang baliw na parang naliligo sa kakornihan.

**"Kamusta nga pala kayo ni Ci-N?"** Tanung nya na nagpatigil sakin.

Sa tono ng pananalita nya, mukang alam na nya ang nangyari samin ng Section E. Yun din siguro ang dahilan kaya inaya nya ko.

**"Hmmm... Hindi ko alam."** Walang buhay kong sagot.

Yumuko sya at pinagmasdan ang kamay. **"Humihingi ako ng tawad para kay Ci-N."**

*Tama ako... Alam nga nya.*

**"H-hindi mo kailangang manghingi ng sorry para sa kanya."**

Huminga sya ng malalim at tinignan ako. Hinawakan nya ang isang kamay ko na nakapatong sa table.

**"Mahalaga ka para kay Ci-N."** Sabi nya na pumiga sa puso ko. **"...lagi ka nyang pinag-mamayabang sakin."**

*Shit naman!*

Napakagat ako sa ibabang labi ko. **"Hindi mo kailangang gawin to."**

Binitiwan nya ang kamay ko. Napatingin kami sa waiter na may hawak na tray. Dumating na pala ang order namin.

Naging tahimik kami habang kumakain. Hindi ko talaga maintindihan kung bakit kailangan nya pang gawin to. Kung bakit sya ang humihingi ng tawad para kay Ci-N.

Habang patuloy kami sa pagkain, may isang pamilya malapit sa pwesto namin ang nagtatawanan. Sandali silang nagpalakpakan kaya napatingin ako sa kanila. May batang lalaki sa harap nila ang sumasayaw habang naka-ngiti. Todo suporta naman yung magulang ng bata.

**"Hindi pa nararanasan ni Ci-N ang ganyan."** Sabi ni Rakki. **"...Ang suportahan sya ng pamilya nya sa gusto nya."**

*Alam ko... Sinabi nya sakin dati.*

**"Galit sa kanya ang Kuya at Ate nya. Hindi ko alam kung dahil ba naiinggit sila o naiinis lang talaga sa kanya."** Dagdag nya.

Alam kong matagal na silang magkakilala. Sabi ni Ci, nagpupunta daw dati si Rakki sa kanila pero hindi sila masyadong nag-uusap. Hangang sa naging magka-klase sila nung second year pero napunta naman si Ci-N sa Section E dahil sa kagagawan ni Freya.

**"Magka-anu-anu ba talaga kayo ni Ci-N?"** Wala sa sarili kong tanong.

Humarap sakin si Rakki at ngumiti. **"Something special."**

*Aruy... Anu yang special na yan? Order ng goto sa kanto.*

Bahagyang nalukot ang noo ko. Ayaw pa kasi sabihin. Sa dami ng ninakaw na halik sa kanya ni Ci-N, iisipin kong mag-syota sila.

**"Pero gusto mo ba sya?"** Tanung ko at dali-daling namula ang pisngi nya.

**"O-oo..."**

**"Sakto! Patay na patay sayo yung isa. Anu pang hinihintay mo?"**

Napangiwi sya sa sinabi ko. **"Jay-jay naman ih! Nakita mo naman si Ci-N di ba? Katawang pang-katorse isip pang-kwatro."**

*May point sya don.*

**"...Tsaka isa pa, ayokong magka-boyfriend ng katorse anyos. Komplikado masyado, siguro kung 18 na si Ci tapos gusto pa rin namin ang isa't-isa. Baka ako pa ang magbigay ng motibo sa kanya."**

Nahiya naman ako. Sa edad na katorse tumatanggap na ko ng manliligaw. Naghihintayan pa kami sa kanto para sabay pumasok. Ako naman tong kilig na kilig dahil first time kong nagka-jowa.

*Yun pala bakla.*

Dun ko napagtanto na hindi naman pala dapat seryosin ang pakikipag-relasyon. Kaya ng niligawan ako ni Cyrus parang wala lang sakin. Kasi nga ayokong damdamin masyado.

**"Pero naawa ako sa kanya."** Sabi nya na pinag-taka ko. **"...Proud ang magulang nya sa kanya dahil matalino sya. Pero hindi naman nila pinapakita sa kanya. Tapos minsan pipilitin pa syang gawin ang mga bagay na ayaw nya kaya lalu syang nagiging isip bata."** Nagbuntong hininga sya. **"...Lalu pang naging komplikado dahil napunta sya sa Section E. Minsan hindi na nya sinusunod ang magulang nya at mas nakikinig pa kay Keifer."**

*BAKIT KAILANGAN MONG BANGGITIN ANG ULUPONG NA YON?!*

Muntik ko ng ibato yung mga kubyertos kay Rakki. Buti nalang naalala ko kagad kung anu yung pinag-uusapan namin. *Relax lang! Relax!*

**"Kaya nga galit na galit ako sa mga barbaro na yon! Tinuruan nilang maging barumbado si Ci. Galit na galit ang Kuya nya ngayon. Tapos ayaw pang ayusin ang pag-aaral kahit napaka-dali lang non para sa kanya."** Dagdag nya pa.

Sa totoo lang, hindi mukang matalino si Ci-N. Kasi nga puro kalokohan. Kaya nga ang lakas ng loob kong makipag-pustahan sa kanya dati. Dun ko napatunayan ang katagang '*Don't judge the book by its cover*'. Ako tong 17 years old tapos tinalo ng 14 na may IQ atang sing-taas ng kay Albert Einstein.

**"Pero alam mo kung anung nagbago sa kanya nung makilala ka nya?"** Tanung nya at agad na man akong umiling. **"...Mas naging masigla sya. Lalu ring lumabas ang pagiging childish nya pero sa nakakatuwang paraan. Hindi na rin nya dinadamdam kung walang oras ang pamilya nya sa kanya."** Ngumiti sya sakin. **"...Kasi daw andyan ka naman. Ikaw daw ang Ate nya at nagparamdam sa kanya ng salitang pamilya."**

Naramdaman ko nalang ang pagbagsak ng luha ko. Hindi ko napigilan. Parang may kung anung nagpapa-ngiti sa puso ko dahil sa mga sinabi nya. Hindi ko alam na ganun ang epekto ko sa kanya.

*Kung alam mo lang Ci-N. May binago ka din sa buhay ko.*

Ngumiti ako kay Rakki. **"Tulungan mo ko."**

**"S-saan?"**

**"Alam ko na kung anung ire-regalo ko kay Ci-N."**

Agad syang ngumiti na parang kinikilig. Binilisan namin ang pagkain at para kaming timang na excited sa gagawin.

Pagkatapos bayaran ang kinain, dumiretso kami sa gift shop para bilhin ang kailangan. Sa toy store naman ang sunod naming pinuntahan.

**"Sa bahay nalang natin gawin."** Aya ni Rakki at nag-nod naman ako.

Nag-aabang na kami ng taxi sa labas ng mall ng may mapansin ako. Sa kabilang daan sa mismong tapat namin. May nakahintong motor at parang naka-tingin samin ang driver.

Naalala ko na naman yung mga naka-motor na sumunod sakin at nakipag-karera. *Kamustahin nyo naman yung bike ko?* Bwisit tong mga to!

**"Kilala mo?"** Tanung ni Rakki kaya napatingin ako sa kanya. **"...titig na titig ka sa kanya eh."**

Umiling ako at ngumiti. **"Para kasing nakatingin yung driver sakin kaya pinagmasdan ko."**

Hindi na sya nagtanong pa dahil sa pagdating ng Taxi. Sumakay kami at agad na sinabi ni Rakki ang address. Habang nasa byahe hindi ko mapigilan na hindi mapatingin sa likod.

*Weird pero pakiramdam ko susunod sya samin.*

Next time, hihiramin ko na talaga ang sosyaling instinct ni David. Sa ngayon magfocus muna ko sa ireregalo ko kay Ci-N. Sana lang magustuhan nya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 212

**A/N:** Yung pabalik-balik yung sakit ko. Tapos ganun din yung kasama ko sa bahay. Hindi ko tuloy alam kung hawa-hawa naba dahil dalawa lang naman kami ni Mama ko na nagkaka-sakit.

Share ko lang, bakit ba?! Hehehe...

Ang taba ng utak ng isa sa Admin ng Group at Page. Lablots Cleff! 😙



Ready Sing ~

♬Leron, leron sinta
Si Yuri umasa
Dala dala'y puso
Alay sa Mutya

Etong si Jay-Jay
Nahulog sa Hari
Kapos kapalaran
Nabitag rin pala

Si Ella'ng koreana
Nagpaka tanga
Puso nya'y tinago
Kay Yuri'ng umasa
Pero di nya kinaya
Kaya naghaap ng iba
Kay Aries topakin
Sya su-ma-ma
~♬

crdt: Clefford Rimandiman Millos

**Motorbike**

***Jay-jay's POV***

Yung napatitig nalang ako bigla sa family picture nila Rakki. Lima silang magkakapatid. Puro lalaki ang mga kapatid nya, sya ang pang-gitna at nag-iisang babae. Pero ang hindi ko maintindihan....

*Bakit kasama si Ci-N sa family picture nila?*

**"Rakki..."** Tawag ko sa kanya na kasalukuyang nagliligpit ng pinagkalatan namin. **"...Bakit andito si Ci-N?"**

Bahagya syang tumawa bago lumapit sakin at tignan ang Family picture nila.

**"Sabi kasi nya, magiging member din sya ng pamilya namin. Tapos nagpumilit sumama sa picture."** Paliwanag nya habang natatawa.

Pati ako natawa na rin. Ang tibay kasi ng pananalig nya na magkakatuluyan sila ni Rakki. Napapailing nalang ako dahil sa kakulitan nya.

**"Miryenda muna."** Sabi ng kung sino.

Sabay kaming napalingon sa isang babaeng may dalang tray na may pagkain. Nakangiti sya samin.

*Mama ni Rakki.*

**"H-hello po."** Sabi ko habang kumakaway.

**"Hi... Classmate ka ni Rakki?"**

**"Schoolmate, Ma."** Pagtatama ni Rakki.

Binaba nya ang tray ng pagkain sa coffee table. Pinagmasdan nya ko habang naka-ngiti. Ang weird nya tignan pero nakakatuwa.

**"Tara, kumain kana."** Aya nya sakin habang natatawa.

Umupo ulit si Rakki kaya ganun na rin ang ginawa ko. Tinignan nya ang malaking garapon sa tabi ko.

**"Anu yan?"**

*Bomba!*

Tinignan ko sandali yun bago kunin at ipakita sa kanya. **"Regalo ko po sa kaibigan. Nagpatulong po ako kay Rakki para balutin at lagyan ng design."**

Binasa nya yung nakalagay sa card. **"Happy... Birthday... Ci-N!"** Napangiti sya ng mabasa ang pangalan ni Ci. **"Magkakilala kayo ni Ci-N?"**

**"C-classmate ko po sya."**

Bigla nalang syang kinilig na hindi ko maintindihan. Binalik nya sakin yung garapon at parang batang pumalakpak.

**"Future son-in-law ko yan! Nagpapakasal sila ni Rak----."**

**"MA!"** Putol ni Rakki sa sasabihin ng Mama nya.

**"Bakit? Totoo naman... Ang cute kaya ni Ci-N! Kapag nagka-anak kayo sure akong magiging kasing cute din nya----."**

**"Ma! Wag nyo nga sabihin yan kay Jay-jay!"** Naiilang na sabi ni Rakki.

*Nice! Mukang good shot na si Ci-N sa Mama ni Rakki!*

**"Bakit ba?! Kinausap ko na yung Mama ni Ci-N. Sabi ko wag papayag na magka-girlfriend ng iba si Ci, dapat ikaw lang. Kinausap ko na rin ang mga Kuya mo, sabi ko wag tatanggap ng manliligaw para sayo."** Sabi nya na nagpangiti sakin.

Nasampal nalang ni Rakki ang sariling noo nya. Ang kulit kasi ng Mama nya pero ang cute tignan. Pro-Ci-N talaga sya at parang hindi papayag na magka-boyfriend si Rakki kung hindi lang naman din sya.

**"Ma naman! Ang bata pa kaya ni Ci-N!"** Inis na sabi ni Rakki.

**"Edi hintayin mo sya! Basta dapat si Ci-N lang."** Sabi ng Mama nya.

Nag-e-enjoy akong panoorin sila. Halata kasing close na close sila sa isa't-isa. Bigla ko tuloy naalala si Mama, kung hindi kaya nya ko pinabayaan magiging ganito din kaya kami?

*Baka nagmumurahan na kayo sa sobrang close.*

**"Panu kung may iba na syang gusto? Edi kawawa ako kasi naghihintay ako sa kanya."**

Agad na nangunot ang noo ng Mama nya. **"Imposible yun! Ikaw lang ang gusto ni Ci-N."**

*Meron syang crush.*

Bigla nalang tumingin sakin si Rakki at Mama nya. Parang gulat na gulat na hindi maintindihan.

Mukang nasabi ko ng malakas yung nasa isip ko. Nagpilit ako ng ngiti pero mukang naging ngiwi lang yun.

**"Meron syang crush?"** Malungkot na tanung ni Rakki.

Napakamot ako sa batok. **"C-crush lang naman... S-simpleng p-paghanga lang."**

Hindi pa rin nawala ang lungkot sa muka ni Rakki. Hala! Hindi ko naman sadyang sabihin yun. Nakakahiya tuloy, tinulungan nya ko tapos nagawa ko pang magsalita ng ganun.

**"...P-pero sabi naman nya, s-si Rakki pa rin daw."**

Agad na ngumiti ang Mama ni Rakki at sinundot ang tagiliran nya.

**"Kita mo na! Ikaw pa rin ang gusto ni Ci-N. Kaya hintayin mo sya ah? Wag kang mag-boyfriend ng kahit sino! Lagot ka sakin."**

Nawala na ang lungkot sa muka ni Rakki pero napalitan naman yun ng ngiwi. Sandali pa silang nag-asaran at nagkulitan. Naubos ko na yung miryenda para samin pero hindi pa rin sila tumitigil.

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Tinignan ko yun at nakita kong nagtext si Tita Gema. Tinatanung nya kung anu oras ako uwi.

Ayoko pa sana pero mukang nag-aalala na sila sakin. Nagpaalam na ko sa Mama ni Rakki at sa kanya rin.

**"Salamat po sa miryenda."** Sabi ko.

**"Welcome. Balik ka dito ah? Sama mo si Ci-N."** Naka-ngiting sabi nya.

*Naks! Botong-boto.*

Agad namang ngumuso si Rakki pero napalitan din ng ngiti ng makita nyang nakatingin ako sa kanya.

**"Ingat Jay! Text mo ko ah?"** Sabi nya habang kumakaway.

Kumaway din ako at naglakad na paalis. Iniwan ko muna yung regalo sa kanila. Usapan namin na sabay pupunta sa birthday party ni Ci.

Babasagin kasi yung garapon na pinaglagyan ko ng regalo. Baka malingat ako at mabitawan ko, masira pa yung surprise ko.

Nag-uumpisa ng bumukas ang mga ilaw sa poste. Madilim na din kasi. Binilisan ko ang paglalakad pero napahinto ako dahil sa linawag na tumambad sa harap ko. Feeling ko natuyot ang eye balls ko.

*Lakas makabulag nito.*

Dahil sa sobrang sa liwanag wala akong makita. Bahagya kong hinarang ang kamay ko sa mata ko para matakpan ng anino. Malakas na ugong ng motor ang napatigil sakin.

Kunot ang noo ko habang nakatingin sa bahagi ng liwanag. Namatay ang ilaw at silhouette ng isang lalaking nakasakay sa motor ang nakita ko.

Porma pa lang ng katawan mukang malaking lalaki na.

Napalunok ako ng bumaba sya ng motor at tinanggal ang helmet nya. Dahan-dahan syang lumapit sakin kung saan may liwanag ng ilaw sa poste sa hindi kalayuan. Nakasuot sya ng leather jacket.

Tama nga akong malaking lalaki nga sya at.... At.... At..... *Ang gwapo! Saksakan ng gwapo!*

**"Jay-jay Mariano?"** Tanung nya habang nakatingin sakin.

Hindi ko magawang sumagot. Hindi dahil na-starstrack ako sa kagwapuhan nya. Kundi dahil baka budol-budol pala ang hayop na to at ubusin lahat ng laman ng bulsa ko.

*Wala na kong pera... Naubos na kanina pa!*

Bahagya syang nag-smirk. **"Ako si Jason. Kapatid ko si Ram."**

Bahagya akong napa-atras. Kingina! Eto yung isa sa sinasabi nung lalaking nagtangka sakin kahapon. Oras ko naba? Mamatay naba ko? Papatayin naba nila ko? Paglalaruan ba muna nila ko bago patayin? Pwede bang patayin nalang?

**"Wala akong gagawing masama sayo kung yun ang iniisip mo. Gusto lang kitang maka-usap."** Sabi nya at ngumiti.

*Wag kang papadala sa ngiti! Malakas maka-peke yan.*

**"I-i don't talk t-to stranger."** Nauutal na sabi ko.

**"But I'm no longer a stranger. Nagpakilala na ko."**

Oo nga naman! Sya si Jason, kapatid ni Ram na minsang nangidnap sakin. Sinaktan ko din sya at dinurog ang muka ng hindi ko namamalayan. Sya si Jason, isa sa tatlong tao na gusto na kong mamatay.

*SYA SI JASON!----We want her dead nga diba?!*

**"Ikaw ba yung nasa Friday the 13th?"** Wala sa sarili kong tanong.

Kumunot ang noo nya at bahagyang umiling. Feeling ko hindi na-gets yung movie na yon. Horror kaya yun, total package. Complete SPG! Super Piritong Galungong! Inosente si ako.

**"Look, wala naman akong gagawing masama sayo. I assure you, labag sa rules namin ang gumawa ng hakbang ng hindi alam ng grupo."** Paliwanag nya. **"...we just really need to talk."**

**"About what?"**

**"About Keifer."**

*SHUTANGINAMERS!*

**"Sorry, the number you have dialled is wrung number. Please do not call again."** Sabi ko na nagpakunot lalu sa noo nya. **"...Kasi Jason, ilang grupo na ng mga hudlong at walang utak ang nakaharap ko ng dahil sa pesteng Hari na yan. Wag kana dumagdag, bumalik kana sa lawa at maghintay ng bibiktimahin mo sa Friday the 13th."**

Huminga sya ng malalim at halatang naiinis na. Bakit ba kasi nalitaw tong Jason na to? Wala pang 13 na natapat na friday.

*Baka walang mabiktima sa lawa kaya nag-motor nalang.*

**"I know what happened between you and Keifer."** Sabi nya na nagpahinto sakin.

Ang bilis nga namang kumalat ng balita. Ayos talaga yung mga alphabet na yun. Sila siguro ang nagkalat ng balitang pang-ga-gago sakin ng Dimunyung Hari.

**"...Kaya kung iniisip mong gagamitin kita laban sa kanya. I won't."** Dagdag nya.

Ayoko talagang magtiwala sa sinabi nya. Pero wala akong laban sa kanya incase na bitbitin nya ko ng sapilitan.

**"Panu kung hindi ako sumama?"**

**"Then i will force you."** Mabilis nyang sagot.

*Wala tayong laban. Meron syang muscle, ako wala.*

**"Sasam ako sayo... Pero eto tandaan mo! Wag kang magkaka-mali dahil marunong akong lumaban."** Banta ko.

Nag-nod naman sya at lumapit sa motor nya. Sumunod ako at ng makita ko ng maayos ang motor nya, agad na nagsalubong ang kilay ko.

**"Ikaw yung nakipag-karera sakin dati! Pati yung kanina sa mall!"** Inis na sabi ko habang naka-turo sa kanya.

Ngumiti sya ng nakakaloko. **"Now you know."**

*Ay gago...*

**"Sira ulo ka! Anung problema mo?! Bakit ka nakipag-karera sakin?! Kawawa naman yung bike ko!"**

Tinawanan lang nya ko at bigla nalang nyang nilahad ang kamay sa harap ko.

**"Before I forgot. Give me your phone."** Utos nya.

**"Kung ayoko."**

Napakamot sya ng batok sabay ng pagbuntong hininga. **"Look, i need to make sure na hindi ka tatawag ng back up. Ibigay mo na kasi kapag ako ang kumuha nyan, hindi lang cellphone mo ang hahawakan ko sa mga hita mo."** Kumindat sya na nagbigay ng kilabot sakin.

*Manyak din pala ang hayop.*

**"Eto na! Dami sinabi."** Inis na sabi ko sabay abot ng phone ko.

Pinatay nya yun at nilagay sa loob ng jacket nya. Kinuha nya ang helmet na naka-patong sa upuan ng motor at isinuot sa ulo ko. Sya na rin ang nag-lock bago suotin ang helmet nya.

Sumakay sya sa motor nya. **"Sakay."**

Ang totoo, ngayon lang ako makaka-sakay sa motor na ganito. Muka akong ewan habang sumasakay humawak ako sa likod nya at pina-andar nya ang motor.

**"Ayaw mong yumakap?"** Mapang-asar na tanung nya.

**"Gago!"** Sigaw ko sa kanya at tinawanan nya ko ng malakas.

Napahigpit ang hawak ko sa braso nya ng bigla nyang bilisan ang takbo. Mas kinatakot ko pa yung pagtagilid nya na halos dumikit na kami sa kalsada. Kung saan kami papunta? Hindi ko alam. Ngayon ako nagsisi kung bakit ako sumama.

Madilim na ang langit, sure akong nag-aalala na sakin si Tita Gema. Nagtext pa naman ako sa kanya na pauwi na ko. Sana lang talaga hindi kami magtagal ng Gagong to.

Tinignan ko ang paligid. Bahagya pa kong nabigla ng mapansin kong nasa highway na kami. Kinabahan ako, nagkaroon ako ng kutob na may balak nga sakin ang hudlong na to. Hangang sa huminto kami sa tapat ng isang...

*Gotohan?!*

Bumaba ako at agad na hinubad ang helmet ko. Naka-nganga pa ko habang binabasa ang nakasulat sa tarpaulin.

'*Superb Gotohan!*'

Anak nang.... Gusto kong sabihin na nadismaya ako pero kahit papano nakahinga ako ng maluwag. Akala ko kasi talaga may balak na sakin ang hudas.

Kinuha nya sa kamay ko ang helmet. **"Tara... Ako na o-order."**

Para akong ewan na umupo sa bakanteng pwesto, bandang dulo ng kainan. Tinuro nya kasi sakin ang lugar na to kaya dito na ko naupo. Habang sya umo-order ng pagkain.

Maayos naman ang paligid. Walang masyadong tao. Dahil siguro maaga pa o gabi na. Naupo ang Jason sa katapat kong bangko. Ayokong magtagal dito kaya hindi na ko nagpaligoy-ligoy pa.

**"Anu bang pag-uusapan natin?"** Tanung ko.

**"I told you... About Keifer."**

**"Oo nga... Anu ngang tungkol sa kanya?"**

Huminga sya ng malalim, pinatong nya ang mga braso sa lamesa at bahagyang lumapit sakin.

**"We want revenge and I know that you also want it."** Sabi nya.

Bahagya akong napangiti sabay ng pag-iling. **"No."**

Malapit-lapit ng magsalubong ang kilay nya. **"What do you mean?"**

**"No, i don't want revenge."** Paglilinaw ko. **"...kung yan ang gusto ko. Noon ko pa ginawa, pero hindi."**

**"But why?!"**

**"Simple. Revenge is for weak. At hindi ako kasing hina ni Keifer para gawin ang kaparehong ginawa nya."**

Ngumiti sya at pinagmasdan ang buo kong muka. Para bang pinag-aaralan nya ko sa pagtitig sa muka ko. Nag-uumpisa na kong mailang buti nalang at dumating na ang order nya para samin.

Kumain muna kami at sa hindi ko maintindihan na dahilan, nawala ang pagka-ilang na nararamdaman ko sa kanya. Maayos din naman pala kasama ang isang to. Matapos kumain nagpahinga muna kami bago muling mag-usap.

**"Panu mo ba nakilala si Keifer? Dahil ba kay Ram?"** Tanung ko sa kanya.

Kung tutuusin ako dapat ang awayin nya dahil sa nangyari kay Ram. Ako kaya ang nanakit sa kanya tapos si Keifer pa rin ang sinisingil nila.

**"Nope. Hindi naman kami close ni Ram."** Sabi nya at pinunasan ng tissue ang gilid ng labi. **"...Pamilyar kaba sa mga Gang dito sa lugar?"**

Umiling ako. Malay ko naman sa mga Gang na yan.

**"...Let me explain this to you first."** Kinuha nya ang kumpol ng kalamansi sa mangkok malapit samin. **"...Parang network ang Gang dito sa lugar namin..."** Hinilera nya ang kalamansi na parang pyramid. **"...mula sa maliit, na nasasakop ng mas malaki at nas malaki pa na may mas malaki pa at pinamumunuan ng isa.... Si Ram."** Binaba nya ang malaking kalamansi sa tuktok.

**"Alam ko na yan."** Sabi ko. **"...sya ang parang pinuno ng lahat."**

Ngumiti sya at kumuha na naman ng panibagong kalamansi. Hinilera nya ulit yun katabi ng naunang pyramid na ginawa nya.

**"And then... Eto ang kalabang Gang. Kalabanin mo ang isa at kalaban mo ang lahat."** Sabi nya. **"...Ang namumuno dyan----."**

**"Ikaw."** Putol ko sa sasabihin nya.

Tumawa sya kasabay ng pag-iling. **"Hindi. Si Ryosuke Sato ang leader nila. Half Japanese at Half Pilipino."**

*Half Gago at Half Tarantado?!*

Sato?! Teka! Yun yung kalaban ni Yuri na gusto rin akong patayin. Shutanginamers! Okay, malinaw na sakin ang part na yon.

Tinignan ko si Jason. **"Eh ikaw? Saan ka?"**

Ngumiti sya at kumuha ng kalamansi na kulay dilaw. Dalawang ganun ang kinuha nya at nilagay sa pagitan ng mga pyramid na kalamansi.

**"Kagaya ni Keifer... In between ang madalas na tawag samin. Wala kaming sinasalihan, hindi rin kami nagsisimula ng grupo kagaya ng iba at wala rin kaming paki sa rules ng dalawang Gang."**

Hindi ako nagsalita at hinintay lang na ipagpatuloy nya ang pagsasalita.

**"...Kayalang etong si Keifer."** Kinuha nya ang isang kalamansi na kulay dilaw. **"...masyadong matunog ang pangalan. Lahat kinalaban at pinabagsak sa paanan nya..."** Ngumiti sya na tila naiinis. **"...akala ng lahat papalitan na nya si Ram pero pinagtawanan lang nya ang posisyon na hinahangad ng lahat."**

*At hinahangad mo din.*

Hindi ako tanga para hindi mapansin na gusto rin nya ang posisyon ni Ram. Madali lang makukuha ni Keifer ang pagiging leader pero tinanggihan nya.

Pero bakit sumali pa sila sa Gang war kung ayaw naman pala nyang sumali sa kahit na anong grupo? Ang gulo talaga ng pesteng Hari na yon.

**"Si Riyo----Riyokwunan----yung suki sa tindahan!"** *Kainis naman kasi, hirap banggitin ng pangalan.* **"...Bakit pati sya ako din ang puntirya? Eh si Yuri ang kalaban nya diba?"**

Taka nya kong tinignan. **"Hindi ba nanliligaw sayo si Yuri?"**

*Engaged na kami Bro!*

**"H-hindi."**

Nagkibit balikat sya. **"Akala ata ni *Ryosuke* nanliligaw sya sayo."** Diniinan talaga nya yung Ryosuke.

Napakunot ang noo. **"Ay hindi! Linawin mo yan sa Riyo----Sato na nga lang! Linawin mo sa kanya para tigilan na nya ko!"**

**"I'll try."**

Pinaningkitan ko sya ng mata. **"Ikaw! Bakit gusto mo kong ma-Tegi-boom?!"**

**"Tegi---what?!"**

**"Tegi-boom. Mamatay."**

Tumawa sya at bahagyang umiling. Tumingin sya sakin at unti-unting naging seryoso ang muka nya. **"Kapag pinatay kita, madi-distract si Keifer. Kapag nangyari yon, mapapa-bagsak ko na sya."**

*T-teka lang... Wag ka manakot!*

Ngumiti sya bigla. **"...Pero syempre hindi ko gagawin yun. Wala nga syang feelings sayo diba? Hindi rin sya ma-a-apektuhan."**

*Ay pota! Pamuka mo pa Koya...*

Gusto ko pa sanang itanung yung trip ni Ram pero mukang hindi na kailangan. Unti-unting binabalik ni Jason ang mga kalamansi sa pinagkuhanan nya.

**"Alam mo ba... Kanina ko pa iniisip kung bakit hindi nagka-gusto sayo si Keifer."** Sabi nya na nagpatigil sakin.

*Kung alam mo lang, yan din ang iniisip ko.*

**"Hindi ka sobrang ganda, yet somehow you have *something* special that capture our interest."**

Napakunot ang noo ko. Anung bang gusto nyang sabihin? Wag nyang sabihin na crush nya ko at pepektusan ko sya ng matindi-tindi.

**"...Or maybe I'm wrong. Baka naman nahulog na si Keifer sayo at ayaw ka lang nyang idamay sa gulo..."**

*Sira na ata ang ulo nito. Masama pala sa kanya ang goto.*

**"...well never know. Unless..."**

Nakaramdam ako ng takot ng biglang mag-iba ang tingin nya sakin. Bago pa man ako maka-pagsalita, bigla nalang nya kong sinakal. Nabundol nya ang lamesa namin at nagkalaglag ang ilang gamit.

*Packing shit! Sinasabi ko na!*

**"Hoy! Anung ginagawa mo?!"** Sigaw nung babaeng tindera pero hindi sya pinansin ni Jason.

Pati ibang kumakain tumingin din samin at na-alarma.

**"Sa labas..."** Sabi nya. **"...nasa labas sya."**

Gustuhin ko mang tanungin ang sinasabi nya hindi ko magawa. Hindi ako makahinga at parang naipit ang boses ko sa paglabas. Sinubukan kong suntukin ang braso nya pero walang talab yun. Nanghihina na kasi ako.

**"Panu kaya nya tayo nasundan?"** Kinuha nya ang cellphone ko sa jacket nya gamit ang isang kamay. **"...hindi naman dahil dito. Panu kaya?"**

*Meron syang motto na pang-bangko, Gago!*

Binato nya ang cellphone ko sa lamesa. Sinubukan kong abutin yun ng isang kamay pero hindi ko magawa. Kailangan kong humingi ng tulong.

**"Nahihirapan ka na ba?"** Inosenteng tanung nya.

*Malamang... Lakas maka-gago ng tanong mo!*

Ngumiti sya at bigla nalang akong binitawan. Bumagsak ako sa sahig kasabay ng silyang kinauupuan ko kanina. Sinubukan kong gumapang palayo.

Malakas na tinabig ni Jason ang lamesang nasa pagitan namin. Pinanood nya kong gumapang habang tumatawa.

**"Ang tagal naman nyang pumasok dito. Naiinip na ko."** Sabi pa nya at lumapit sakin. **"...Mukang wala nga syang paki-alam sayo."**

*Wala talaga, kaya tigilan mo na ko!*

Tinulungan nya kong tumayo at kahit nahihirapan pinilit ko ang sarili ko. Habol ang hininga ko habang naka-tingin sa kanya.

**"Akala ko kasi ililigtas ka nya kahit nasa malapit lang sya."**

*Nakakainis!*

Gago nga talaga ang lalaking to. Baliw din kagaya ng kapatid nyang hindi daw nya close. Hinugot ko na lahat ng natitira kong lakas. Sinipa ko sya dahilan para tumilapon sya palayo sakin.

Muntik na kong tumumba. Malalim pa rin ang paghinga ko habang pinag-mamasdan syang tumayo. Bago pa man sya makapag-salita, pinilit kong lumakad paalis.

Pero sadyang malas ata talaga ako. Sigurado ako at hindi ako pwedeng magkamali. Mga kasama nya to, sila rin ang nakita ko sa tindahan na binilhan namin ni Percy.

**"Hahahahahahaha..."** Malakas na tawa ni Jason habang pinapag-pag ang damit. **"...Tama nga sila. Lumalaban ka nga."**

*Hintayin mong makabawi ako ng lakas.*

Napaatras ako ng tumingin sya sakin at humakbang palapit. Nakangiti sya at parang manghang-mangha sa ginawa ko sa kanya.

**"Pero ang gusto kong makita, yung gagawin ni Keifer kapag baldado ka na."** Sabi nya at sinipa ang silya sa harapan nya papunta sakin.

**"Aaagghhhh!!"** Sigaw ko kasabay ng pag-yuko.

Dinig ko ang pagtama non sa pader malapit sakin. Tinignan ko sya ng masama. Nakatawa pa sya habang tinitignan ako. Muli na naman syang dumampot ng silya at binato papunta sakin.

Agad akong tumalon papunta sa ibang direksyon. Daig ko pa action star sa ginagawa ko. Tinignan ko yung daanan palabas, nakaharang ang mga kapwa hudlong ng Gagong to.

**"Bakit mo ko tinataguan? Ayaw mo ba kong harapin?"** Mapang-asar na tanung nya.

Halos pagapang akong lumakad palayo sa kanya. Napatingin ako sa kamay ko ng may masagi ako.

*Yung cellphone ko!*

Kinuha ko yun pilit binuksan pero napahinto ako dahil sa pares ng sapatos sa harap ko. Agad akong tumayo at tumakbo palayo pero hinarangan na ko ng mga kasamahan nya.

Para silang mga manyak na nagsisitawa. Dun ko lang napansin na wala na yung mga kumakain kanina at yung tindera. Kaya pala parang walang tumatawag ng pulis o umaawat samin.

Paikot-ikot ako para masiguro na walang makaka-lapit sakin. Nakita ko pa si Jason na naka-sandal sa isang pader habang naka-cross-arm.

**"Dito natin malalaman kung may paki-alam nga sayo si Keifer."** Sabi nya.

**"Wala syang paki-alam sakin! Kaya tigilan nyo na ko!"** Sigaw ko.

Bigla nalang akong hinawakan ng isa. Nabigla ako kaya nasuntok ko sya at agad na bumagsak sa sahig.

**"Pre! May dugo..."** Sabi nung isa.

Sa totoo lang nanlalambot pa rin ako. Hindi ko alam kung kakayanin ko ngang makipag-laban sa kanila. Sa itsura ni Jason parang hindi ko sya kaya.

Kung nasa labas nga si Keifer. Sana lang maisipan nyang magkaroon ng paki sakin kahit sandali.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 213

**A/N:** Sabi ko sa first part, hindi na ko nagpapasok ng mga bagong character. Yung mga nababanggit dito except kay Honey Bee Ryder ay mga reader na nag-request mabanggit ang name nila. Dahil naging mabait naman ako----este sila, pinagbigyan ko. Kaya wag nyo po sila gawan ng account.

Pero hindi na po ako tatanggap pa ng panibagong request. Last na yung huli kong kausap na sinabihan ko ng '*paantay lang po*'.

Ganun din po yung sa Dedication. Magpost nalang po ako sa group kung tatanggap pa ko. Salamat!

**King**

***Jay-jay's POV***

Nanginginig ang kamao ko. Lima na ang napapabagsak ko at namamalipit sa sakit pero hindi pa rin tumitigil yung iba. Merong babangon at susubukan akong gantihan.

**"Sumuko ka na."** Pang-aasar ni Jason.

**"Gago you!"**

Buti sana kung sa pagsuko ko may darating para iligtas ako kaso wala. Mukang wala talaga syang paki sakin. Hinawakan ko ang gilid ng pisngi kong nag-iinit. Nadaplisan kasi ako ng suntok kanina.

*Kainis! Pakiramdam ko ang hina ko.*

Muli kong pinorma ang mga braso ko pang-salag sa kung anu mang tatama sakin. Kamao man yan o paa ng kung sino. Hindi nagtagal, panibagong suntok ang binato ng isa sa kanila sakin.

Tinamaan ang braso ko at muntik na kong matumba pero nakatindig ako. Binawian ko sya ng ipa sa sikmura at halos sumuka sya bago bumagsak.

**"Jason! Ang tibay nitong babae na to!"** Reklamo na isa.

**"Nakakainip. Biglain nyo na!"** Utos nya.

Bigla nalang sioang sumugod sakin. Sabay-sabay sila. Sunod-sunod ang natanggap kong suntok sa katawan. Pinilit kong protektahan ang ulo ko.

*Bakit ba ko nahihirapan ng ganito?*

Pinilit kong bumawi ng suntok at sipa sa kanila pero ginagamit lang nila ang pagkakataon para puruhan ako. Ilang beses nila kong sinuntok sa sikmura at braso.

Bakit ba hinahayaan ko silang ganituhin ako? Na-a-apektuhan ba ko ng sinabi ni Jason? Na-a-apektuhan ba ko ng katotohanang wala naman talaga syang paki-alam sakin? Na isa lang akong laruan para sa Hari ng mga Dimunyung Ulupong?

Nawala ako sa konsentrasyon. Sinipa ng isa sa kanila ang binti ko at naging dahilan yun para bumagsak ako sa sahig. Pinagsisipa nila ko na parang basahan.

**"Hindi naman pala tatagal."** Parinig ni Jason.

Bigla nalang silang huminto sa pagsipa sakin at unti-unting nagsilayo. Basa ang mga mata ko ng luha na hindi naman bumagsak.

*Lagot! Magiging muta sila...*

**"Dumating din."** Sabi ng isa sa kanila.

Inangat ko ang paningin ko at nagtagpo ang mga mata namin. Wala akong mabakas na emosyon sa kanya. Nakatayo sya sa entrance at wala akong makitang tao sa likod nya.

*Sya lang mag-isa?*

**"Ang tagal mo naman... Wag mong sabihin na na-traffic ka, eh kanina ka pa dyan sa labas."** Mapang-asar na sabi ni Jason.

Pinilit kong bumangon at gumapang palapit sa pader. Sumandal ako don habang nakasalpak sa sahig. Masakit ang buong katawan ko. Pati dibdib ko tinamaan din ata nila.

Medyo nabigla pa ko ng makita kong nakatingin sakin ang Hari. Para bang inaalam nya kung ganu kalala ang dinanas ko.

*Wala nang lalala sa dinanas ko sayong hayop ka!*

**"Naku... Napasobra ata kami."** Sabi ulit ni Jason habang kuwaring nag-aalala. **"...Ang tagal mo kasi. Sya ang napag-tripan namin."**

Isa-isang tinignan ni Keifer ang mga kasama ni Jason.

**"What happen to you?"** Bored na tanung nya sakin. **"They're few, but you can't beat them?"**

*Wow ah?*

Ang dating sakin, expected na talaga nyang lalaban ako. Akala nya siguro mapapabagsak ko sila kaya hindi sya agad pumasok dito kahit nasa labas lang sya kanina. Edi meow!

Inirapan ko nalang sya bilang sagot. Ayokong mag-dahilan sa kanya. Pero kung tutuusin sya ang dahilan kung bakit ako natalo.

**"Hindi kami kaya ng girlfriend mo."** Sabi ng isa sa kanila.

**"Hindi ko sya boyfriend."**

**"She's not my girlfriend."**

Sabay naming sabi at nagpalitan agad kami ng masamang tingin. Bwisit ka! Gustong gusto ko ng dukutin ang eyeballs nya.

*Gagawin kong pingpong ball.*

**"Ouch... Mukang totoo ang balita. Si Keifer, gumamit ng babae para maka-ganti sa kaaway nya."** Pang-aasar ni Jason.

Kung hindi lang ako napabagsak kanina, sya ang papabagsakin ko sa suntok. Habol ang hininga ko kahit nakasandal na ko at walang ginagawa. Kumikirot ang dibdib ko sa bawat paghinga ko.

**"Shut the fvck up, Jason."** Madiing sabi ng Dimunyung Hari.

Tumawa lang naman ng malakas yung baliw na Jason. Umalis sya sa pagkakasandal sa pader at hinubad ang jacket. Feeling bad boy ang putik.

*Parang yung Hari ng mga Dimunyung Ulupong.*

**"What do you want?"** Tanung ng Hari.

Nawala ang mga ngiti ni Jason at unti-unti'ng nagsalubong ang kilay nya.
**"I want you dead Keifer."**

Bigla nalang nyang binato ang isang silya papunta kay Keifer at mabilis na lumapit para suntukin. Nawalan nga lang ng saysay yun dahil naiwasan ng Hari yung binato nya at sinalag ng isang kamay ang suntok nya.

Dun ko lang napagtanto na mas malaki si Jason kesa kay Keifer pero parang ang dali lang sa kanya labanan tong Friday the 13th na to.

*Ay talo si Keifer, may sa impakto kaya tong si Jason.*

Binawian ni Keifer ng sipa si Jason at agad syang tumilapon palayo. Lalapit na sana yung mga kasama nya sa kanya pero sumenyas sya sa kamay nya ng '*wag*'. Tumayo ulit ang Jason at halatang nag-iinit sa galit ang muka nya.

Sumugod na naman sya at nakipag-palitan ng suntok kay Keifer. Ganun din ang ginawa ng Hari. Habang nanonood sa kanila, pinilit kong makatayo ng maayos. Maayos na ang paghinga ko pero andon pa rin yung sakit ng katawan.

Dinampot ni Keifer ang pinaka-malapit na silya at hinampas yun kay Jason. Parang laruan na nakalas ang mga yun at tumilapon sa kung saan. Napatingin ako sa mga kasamahan ni Jason ng meron silang kunin sa loob ng tindahan----mukang kusina ata.

*Kutsilyo!!*

**"Keifer! May kutsilyo sila!"** Sigaw ko.

Umatras ang Jason at sumugod ang isa sa kasama nya hawak ang kutsilyo. Isa-saksak na sana sa kanya pero nadaplisan lang sya. Sinuntok nya agad sa panga dahilan para mawalan ng malay.

Pero kasunod non ang pagsipa ni Jason sa kanya. Tumilapon sya na parang manikang binato. Ang bilis ng mga nangyari. Halatang nahihirapan syang tumayo sa ginawa sa kanya.

Napatingin ako sa mga kasama ni Jason. Para silang nag-uusap at yung iba sa kanila palapit sa akin.

*Tang'na naman! Hindi pa nakakabawi katawan ko mga Pre!*

Akmang hahawakan na nila ko ng isa sa kanila pero inunahan ko sya sa pagsuntok sa muka nya. Bumagsak sya kasabay ng paglabas ng dugo sa ilong nya.

**"Talagang matigas ka no!"** Galit na sabi nung isa at sinipa ako sa tagiliran.

Bago pa tumama sakin yun, hinawakan ko ang binti nya at tinuhod ang alak-alakan (likod ng tuhod) nya. Namalipit sya sa sakit.

Tatlo nalang silang kaharap ko ngayon. Masama ang tingin nila sakin at parang binabasa ang susunod kong magiging kilos. Unti-unti silang lumapit sakin at halos idikit ko na ang sarili ko sa pader sa paglayo sa kanila.

*Spectrum Petro----huh?! Wala nga pala akong magic wand.*

Bigla nalang sumugod ng suntok yung isa. Napayuko ako sa pag-iwas. Susuntukan ko na sana sya mula sa ilalim pero tumama ang suntok ko sa kwanan nya. Yung anes.... Yung anuhan... Basta!

*Iihhh! Kadiri! Nadikit yung kamao ko sa baba nya! Kaderder!*

Sa sobrang padidiri ko, sinuntok ko yun kamao ko sa katapat kong lalaki. Tinamaan ko sya sa panga---knock out.

Isa nalang ang kaharap ko. Masama ang tingin nya sakin. Umasta sya na parang susugod kaya napa-astras ako pero pumorma lang pala.

*Bwisit to!*

Umasta din ako na parang susugod pero bigla syang umatras na parang natakot. Napasandal sya sa lamesa at tumaob kasama non.

Duwag naman pala! Hayop! Gagalitin ako nitong lalaki na to. Tinignan ko sila Keifer. Bagsak na yung natitirang kasama ni Jason kanina. Silang dalawa nalang ngayon ang magkaharap.

Pero kung mamalasin nga naman ako. May bigla nalang umakbay sakin kasabay ng pagtutok ng kutsilyo sa leeg ko.

**"Keifer..."** Tawag nung lalaki sa likod ko.

Tumingin samin si Keifer at Jason. Ngumiti ang Gagong Jason at nagbuntong hininga.

**"Tignan natin kung may paki-alam nga sayo si Keifer."** Sabi nya sakin.

*Panu kung wala? Tegi-boom ako?*

Tinignan ko si Keifer. Kulang nalang magmaka-awa ako sa kanya para iligtas ako. Pero nadikdik ang puso ko----durog na kasi----ng ibalik nya ang tingin sa kaaway.

**"Kaya mo ba?"** Tanung ni Keifer.

Walang nakaka-alam samin kung sinong tinatanung nya. Napakunot ang noo ko ng nag-smirk sya.

**"Kaya mo ba?"** Pag-uulit nya.

Tinignan ko yung may hawak sakin pero kahit sya naguguluhan din. Panay din ang tingin samin ni Jason.

**"Kaya mo ba?"**

*Sirang plaka ata ang Gago. Paulit-ulit! Unlimited!*

Hangang sa napagtanto ko na ako ang tinatanong nya. Panu? Hindi ko alam, kinutuban lang ako lalu na ng mapatingin ako sa kamay kong naka-hawak sa braso nitong lalaki sa likod.

Binalik ko ang tingin kay Keifer. Mukang nakuha nya na alam ko na ang ibig nyang sabihin. Ngumiti sya at bahagyang ginilid ang katawan.

**"One!"** Sigaw nya.

Halatang naguguluhan si Jason panay ang tingin saming dalawa.

**"Two!"** Sigaw ko.

Humigpit ang hawak sakin nitong nasa likod ko pero inihanda ko na ang kamay ko.

**"THREE!"** Sigaw naming dalawa.

Hinawakan ng isang kamay ko ang kamay nyang may kutsilyo at siniko ko naman sya gamit ang kabila. Nabitawan nya ko at kinuha ko ang pagkakataon para sikuhin ang muka nya.

Samantalang tumalon naman si Keifer sa ere kasabay ng pag-ikot at sinipa sa muka si Jason. Sabay na bumagsak ang lalaking may hawak sakin at si Jason.

*A moment of silent para ka-astigan.*

Habol pareho ang hininga namin. Tinignan ko ang paligid kung may tatayo pa at susugurin kami. Ganun din ang ginawa ni Keifer. Nagtama ang tingin namin at sa hindi ko maintindihan na dahilan....

Tumawa kami. Tumawa kami na parang nakakatuwa yung nangyari. Tumawa kami na parang magka-sundong magkasundo kami.

*Wala na... Nabaliw na kaming dalawa.*

Pero nawala ang pagtawa namin ng sumampal samin ang katotohan. Katotohanan na merong gustong pumatay sakin at sa kanya. Nakakapanglambot ng tuhod.

Humakbang si Keifer palapit sakin at ganun din ako sa kanya. Parang may sariling isip ang mga braso kong kusang yumakap sa kanya. Niyakap din nya ko at hinigpitan yun.

*Teka nga! Bakit may yakapan?!*

Bumitaw ako at sinubukan syang itulak pero hindi naman sya natinag. Walang yakapan! Walang ganyan! Galit galit dapat!

**"H-hoy... B-bakit mo k-ko niyayakap?"** Ilang na tanung ko.

Humigpit pa lalo ang yakap nya sakin. **"Ikaw ang may gusto nito... Pinagbibigyan lang kita."**

*Whut?!*

Ako may gusto? Tapos humihigpit ang yakap nya sakin. Aba kakaiba!

**"P-pwede ka ng bumitaw."** Sabi ko.

**"Sigurado ka? Parang gusto mo pa."**

*Ako ba talaga ang may gusto?*

**"Sigurado ako... B-bitaw na."** Sagot ko habang sinusubukan syang tinutulak.

**"Ramdam ko... Gusto mo pa."**

*Ay ulowl men!*

Ipinasa mo pa talaga sakin! Halata namang gusto'ng-gusto nya. Wala akong masabi sa pagiging Ulupong nitong Kumag na to.

Naramdaman ko nalang ang pagsiksik nya ng ulo ko sa dibdib nya. Dinig na dinig ko ang lakas ng tibok ng puso nya. Nag-susumigaw!

*Kumag ako! Kumag ako! Kumag ako!*----*yun ang sabi!*

Galit-galit dapat kami. Kasi nga sinaktan nya ko. Hindi naman nya ko mahal. Pero bakit ganito? Bakit parang gusto ko huminto ang oras? Bakit parang gusto ko ganito nalang kami?

Ang sarap pakinggan ng tibok ng puso nya. Parang sumasabay sa tibok ng puso ko. Baka nga tama sya, gusto ko nga ng yakap nya.

**"I know... You really want it."** Bulong nya sakin.

Kahit hindi ko nakikita ang muka nya, ramdam ko. Nakangiti sya habang sinasabi yun sakin. Sa totoo lang naguguluhan ako, eto na naman kasi sya. Ipaparamdam na parang meron pero wala naman talaga.

Kaya kahit gusto ko pang magtagal sa bisig nya, ginawa ko ang sa tingin ko ay tama.

**"Bumitaw kana. Nakiki-usap ako."** Seryosong sabi ko.

Mukang nakuha naman nya na hindi na ko nagbibiro sa mga oras na to. Unti-unti syang bumitaw at kinuha ko ang pagkakataon para itulak sya.

Nangingilid ang luha ko dahil sa sakit na nararamdaman ko. Hindi sa katawan kundi sa loob mismo. Ayoko talagang umiiyak, pakiramdam ko ang hina-hina ko. Kaya kahit anung laban, suntikan o sabunutan hindi ako umiiyak.

Pero ang lalaking to. Presensya pa lang nya, nagmamaka-awa ang mga luha kong lumabas at parang takot silang maging muta.

Hindi sya nagsasalita pero alam kong gusto'ng gusto na nyang magtanung. *Ako din...* Gusto'ng gusto ko na ding magtanung. Kasi pagod na pagod na yung utak ko kakaisip kung meron ba talaga.

**"Anu ba tong ginagawa mo?"** Mahinahon kong tanong.

Bahagyang kumunot ang noo nya. Alam kong naguluhan sya sa sinabi ko.

**"...Anu tong ginagawa mo? Bakit lumalapit ka naman sakin? Bakit nagpapakita ka na naman ng motibo? Bakit ipaparamdam mo na namang meron? Bakit? Bakit mo ginagawa to?"** Sunod-sunod na tanung ko.

Uniwas sya ng tingin at kuwaring tumingin sa paligid.

**"It's late... Ihahatid na kita."** Sabi nya at akmang hahawakan ang kamay ko pero iniiwas ko agad.

**"Umalis kana kung gusto mo. Pero hindi ako sasama sayo."**

**"Jay... Wag mo munang pairalin ang katigasan ng ulo mo."**

**"Sagutin mo muna ang tanung ko!"** Sigaw ko sa kanya. **"...Bakit mo ko pinahihirapan ng ganito?! Hindi ka pa ba kuntento sa mga ginawa mo sakin?! Eto ka na naman, ipaparamdam na meron nga'ng *tayo* kahit wala naman talaga!"**

Huminga sya ng malalim at para akong tanga na naghihintay ng sasabihin nya. Pero hangang pagtitig lang ang ginawa nya sakin.

**"Sagutin mo ko Keifer, meron ka ba talagang nararamdaman sakin?"** Bumagsak ang luha ko mula sa isang mata.

*Nakakainis! Para akong nagmamaka-awa sa kanya....*

Nakagat ko ang ibabang labi ko ng tumingin sya paibaba. Anu mang oras iiyak na ko dito na parang bata.

**"Narinig k-ko kayo... Kayo n-ni Yuri."** Nanginginig ang boses ko. **"...yung pinag-usapan nyo..."** Huminga ako ng malalim. **"...gusto kong isipin na totoo yung sinabi ni Yuri, na nagsisinungaling ka nga. Na meron ka nga talagang feelings para sakin. Pero gusto kong marinig sayo."**

Masakit sakin ang ginawa nyang paniwalain ako, gamitin ako at pagmukaing tanga. Pero wala na atang mas sasakit pa sa pagtalikod nya sakin.

**"Ihahatid na kita."** Malamig na sabi nya sakin.

Naglakad sya palabas at naiwan akong nakatingin lang sa kanya. Napaupo ako kasabay ng pagtakip sa bibig ko ng kamay ko. Sunod-sunod an ang pagbagsak ng mga luha ko at panay ang hikbi ko.

*Sobrang sakit na nitong ginagawa mo sakin...*

Hindi ko kakayanin ang matagal pa dito kasama sya. Ayoko ding magpahatid sa kanya. Kahit nanlalabo ang paningin ko sa luha, hinanap ko ang cellphone ko. Sa sahig malapit sa binagsakan ko kanina nakita yun.

Nanginginig ang kamay kong buksan yun at hanapin ang number ni Percy. Pero wala na kong makita kaya napindot ko nalang ang kung sinong pangalan.

Ilang beses nag-ring yun bago sagutin.

**["*Oh?*"]** Sagot sakin ng kung sino.

Sa halip na magsalita, napaiyak nalang ako ng malakas. Walang salitang lumalabas sa bibig ko.

**["*Nasan ka? Susunduin kita.*"]** Mahinahong sabi nya.

*Sa impyerno kasama ng Hari ng Dimunyu.*

Ilang beses akong huminga ng malalim para pakalmahin ang sarili ko.

**"S-sa highway... Y-yung sa '*S-superb Gotohan*'."** Sabi ko habang naghahabol ng hangin.

**["*I'm on my way.*"]** Sagot nya at pinatay ang tawag.

Para akong bata na yumakap sa tuhod ko. Hindi ko alam kung panu papakalmahin ang sarili ko. Ang sakit-sakit kasi, dinaig pa yung sakit ng katawan ko.

May ilang minuto muna kong nanatili don bago maisipang tumayo at maglakad palabas. Yung mga motor ng kasamahan ni Jason ang bumungad sakin.

Napatingin ako sa kotse ni Keifer. Bukas ang ilaw sa loob at nakadukdok sya sa manibela. Hindi ko alam kung natutulog sya o ano.

*Tangina mong Impakto ka! Move on ang sagot ko sayong animal ka! Gagawa ako ng paraan para mawala yung nararamdaman ko sayo! Kung kailangan kong makipag-bunung-braso kay hulk, lumunok ng sampung kryptonite at sumigaw ng Darna, makipag-titigan kay cyclopes para tunawin ang Statue of Liberty, gagawin ko! Mawala lang tong punyetang nararamdaman ko sayong Kumag ka!*

Isang malakas na busina ang gumising sakin mula sa malalim na pag-iisip. Tinignan ko yung palapit na kotse ni......*Aries?!*

*Owshit!!*

Binalik ko ang tingin kay Keifer. Wala syang emosyon habang binubuksan ang pinto ng kotse at nakatingin sakin.

Kaagad akong lumapit sa kotse ni Aries at sumakay. Hinayaan kong tunawin ako ng titig ni Aries. Sandali ko pang tinignan ang Hari bago kami tuluyang umalis.

**"What happened?"** Mahinahon nyang tanung.

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Alam kong iiyak na naman ako kapag nagsimula akong magsalita. Umiling lang ako bilang sagot sa kanya at tumingin sa bintana.

**"Sinabi ko ng layuan mo si Keifer. Matigas talaga ulo mo."** Sermon nya.

*Sana nga talaga nakinig nalang ako sa inyo.*

**"Wala namang gagawing matino yan... Idadamay ka pa sa gulo nyan sa pamilya nya."** Patuloy nya.

Bigla kong naalala si Kuya Angelo. Ganyan-ganyan din kasi sya manermon. Hindi ako makapaniwalang napagsalitaan ko sya ng ganun.

Nakarating kami sa bahay na parang may pasan akong delubyo sa likod. Pagpasok ko sa bahay si Tita Gema ang sumalubong sakin.

**"Jay! Saan kaba nagpunta?! Nag-alala ako."** Niyakap nya muna ko bago tignan ang kabuuan mo. **"...Bakit ganyan ang itsura mo?!"**

**"N-napa-away lang p-po."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

**"Anu?! Hala ka..."** Tinignan nya si Aries. **"...Ni-report nyo naba sa police to?"**

Umiling si Aries. **"Kasama nya si Keifer."**

Tinawag ni Tita Gema ang isang maid nila. Nanghingi sya ng kung anu-anu na hindi ko na naintindihan. Pagkatapos ay hinarap ulit nya ko.

**"Tara na sa kwarto mo... Para magamot natin mga sugat mo."** Aya nya habang naka-akbay sakin.

Nakayuko akong nagpati-anod sa kanya. Parang nawalan na naman ako ng buhay. Nagsisimula na naman akong magkaganito.

*Pakiramdam ko unti-unti na kong namamatay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 214

**A/N:** Eto po si Keifer... Nagkakalat sa fb group tsaka sa page ng Mutya ng Section E. Hahahaha 😂😂😂😂😂


Host: Mr. Watson, marami pong Tropa ang nag tatanong kung ilan po ba ang gusto nyong maging anak kay Ms. Mariano?
Uhmm...
Ahhh! Ehhh!
SAMPU!
Like
www.facebook.com/AngMutyaNgSectionE
www.facebook.com/groups/TropaNiEatmore2behappy

## Heypi Birthday

***Jay-jay's POV***

Happy Tangina Day!

Akalain mo yung araw ng mga puso ngayon. Kinapa ko ang dibdib ko, baka kasi wala pala akong puso hindi ko alam.

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Si Rakki ang expected ko nung una kaya medyo nagmadali pa ko, pero yung GagongBaliw lang pala.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Happy Heart Day! Pusuan mo nga ako!* 😙

Napangiwi ako. Ang tigas din ng muka ng hayop na to. Konting-konti pa magpapalit na ko ng cellphone number. Nag-type ako ng reply sa kanya. Pinag-isipan ko pa talaga ang isasagot sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Pakyu!*

Natawa nalang ako dahil mukang hindi na sya magrereply. Sinuot ko na ang sapatos ko at tinali ang sintas. Tumayo ako at humarap sa salamin. Pinagmasdan ko ang bagong gupit kong buhok.

Nawala na ang mahabang buhok ko na abot hangang bewang. Pinili kong ipaputol yun hangang balikat. Hindi kasi ako sanay sa sobrang ikling buhok.

Tinignan ko din ang iilang galos at pasa sa muka ko. Halata pa rin yun kahit tinatadtad ko na ng gamot. Sabagay kelan lang naman yung naging gulo namin sa grupo ni Jason. Para isa o dalawang araw pa lang ata ang nakakalipas.

Ngayon ang birthday ni Ci-N, swerte nya dahil wala kaming pasok mula kahapon hangang ngayon. May kung anung special visit sa school ngayon at hindi talaga pinapasok ang mga Section E para daw mawala yung mga latak kahit sandali.

*Ang bait talaga ng school namin samin.*

Muling tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at nagtext na ang hinihintay kong tao.

**From:** *Rakki*
**Message:** *Ready? Saan tyo mgkita?*

Nasa kanya yung ire-regalo ko para kay Ci-N. Ang totoo pinag-iisipan ko pa rin kung papatawarin ko na sya o hindi pa. Malinaw naman sakin na napilitan lang si Ci na sundin ang gusto ng Dimunyung Hari.

*Pero syempre masakit pa rin...*

Nagtype ako ng message para isagot kay Rakki. Sa ground floor nalang ng condo unit ni Ci-N. Maghihintayan nalang kami don.

Binulsa ko ang cellphone at wallet ko bago lumabas ng kwarto. Huminto ako sa tapat ng pinto ng kwarto ni Kuya Angelo. Nag-alanganin pa ko kung kakatok ba ko o hindi.

*Hinga malalim...*

Sa huli kumatok pa rin ako at hinintay ang pagsagot nya.

**"Pasok!"** Utos nya.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto. Nakaharap sya sa laptop nya at puno ng mga papel ang lamesa. Bahagya nyang inikot ang swivel chair nya para maka-harap sakin.

**"Hmm... K-kuya, punta lang ako sa birthday party ni Ci-N."** Paalam ko.

Hinintay kong paalalahanan nya ko kagaya ng lagi nyang ginagawa, pero nag-nod lang sya kasabay ng pagbibigay nya ng malamig na tingin.

**"Ingat."** Dagdag nya.

*Ang lamig naman... Gininaw ako.*

Yumuko ako habang pinaglalaruan ang daliri ko. **"P-pwede mo b-ba kong ihatid?"**

Inikot nya ang swivel chair patalikod sakin. **"Marami akong ginagawa. Kay Aries ka nalang pahatid, sabihin mo utos ko."**

Para akong sinibat ng sampung beses. Ang lamig na ng pakiki-tungo nya sakin. Pakiramdam ko kasalanan ko kung bakit ganyan sya sakin.

**"S-sige. Sorry sa istorbo."** Sabi ko at naglakad na palabas.

Bagsak ang balikat ko habang kagat-kagat ang labi ko. Ganun ba kasakit yung mga sinabi ko sa kanya? Hindi ko alam na ganito ang magiging epekto sa kanya.

**"Jay-jay! Saan ka pupunta?"** Tanung sakin ni Mama.

**"Sa birthday party."** Walang buhay kong sagot.

**"Anung oras ka uuwi? Wag kang magpapa-gabi."**

**"Sige."** Sagot ko at naglakad na palabas ng bahay.

Alam kong kakagalitan na naman nya ko. Ganun ang ginawa nya nung nalaman nyang napa-away ako sa gotohan. Sa halip na makipag-sabayan sa galit nya, tumahimik nalang ako.

Kagaya nung isang araw tinignan ko muna ang paligid kung may nag-aabang ba sakin. Mahirap, hindi ba tuluyang gumagaling ang mga sugat at pasa ko.

*Coast is clear...*

Nang masiguro kong walang kahina-hinala tsaka pa lang ako lumabas.

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Aries na nagpahinto sakin.

Nilingon ko sya. **"B-bakit?"**

**"Akala ko papahatid ka?"** Bored nyang sabi.

*Narinig ba nya kami?*

**"K-kasi..."**

**"Sakay na. Baka magalit si Kuya kapag hindi kita hinatid."**

Naguluhan ako sa inasta nya. Hindi kaya sinapian sya ng kung sinong animal na dimunyu? O kaya naman ng anghel. Bigla-bigla naman kasi.

*Baka hindi naka-inom ng gamot.*

Binuksan nya ang pinto ng kotse nya at akmang sasakay pero huminto sya ng makitang hindi ako kumikilos sa kinatatayuan ko.

**"Anu? Tatanga ka nalang dyan?"** Medyo iritable nyang tanung.

Medyo nataranta pa ko sa paglapit at sakay sa kotse nya. Tahimik lang sya at walang lingon-lingon habang nagmamaneho.

*Hala! Baka nababaliw na si Aries the Horoscope!*

**"Saan ba punta mo?"**

Napa-kurap-kurap pa ang mata ko habang nina-nam-nam ang mga sinabi nya. Nagtatanung sya. Normal. Walang halong galit o inis. Normal. Normal. Normal....

*Ay may sakit to! May lagnat siguro.*

Bahagya akong lumapit sa kanya at hinawakan ang noo nya. Agad nyang hinampas yun sa pagkabigla.

**"What the hell?!"** Galit na sabi nya.

Sinubukan ko ulit hawakan ang noo nya pero hinampas na naman nya yun. **"May sakit ka."**

Nangunot ang noo nya at sandali akong tinignan. **"Wala akong sakit! Baka ikaw!"**

*Ay sinisigawan na ko. Normal na sya.*

**"Okay... Wala ka ng sakit."** Bulong ko pero mukang narinig din nya.

**"Problema mo?!"**

**"Wala... Dun ako sa Condo ni Ci-N."** Sabay turo sa pinaka-malaking building na natatanaw ko.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. Hindi na rin ako nagsalita. Normal na kasi sya. Hindi na kailangang magtaka.

*Normal sya para sakin kapag lumalabas ang pagiging saltik nya.*

Nakarating kami sa tapat ng building na tinuro ko. Natanaw ko na rin si Rakki na nakatayo sa entrance dala ang mga regalo namin.

**"Hoy!"** Inis na tawag sakin ni Aries. **"...Wag ka na ulit tatawag sakin ng umiiyak."**

**"B-bakit?"**

*Nag-aalala kaba?*

**"Ang tinis ng boses mo! Ang sakit sa tenga! Pakiramdam ko nalaglag lahat ng tulok sa tenga ko!"** Inis na sabi nya.

*Gago you...*

**"Tatawag nalang ako kapag malapit na kong mamatay."** Sagot ko at agad na bumaba ng kotse nya.

Kinawayan ko si Rakki. Kumaway din sya sakin habang nakangiti ng makita nya ko. Patakbo akong lumapit sa kanya.

**"Hinatid ka ni Aries?"** Medyo gulat na tanung nya. **"...Himala!"**

**"Oo! Kaya samahan mo ko mamaya. Papamisa ako sa simbahan."** Natatawang sabi ko at tumawa din sya.

Kinuha ko ang regalo ko na naka-baba sa sahig. Ganun din ang ginawa nya sa ireregalo nya.

**"Baka may sakit?"** Tanung nya.

Tumawa ako. **"Meron nga. Pero nawala din agad."**

Patuloy kami sa pagtatawanan. Narating namin ang elevator at hinintay na magbukas yun.

**"Magustuhan kaya ni Ci-N to?"** Tanung nya.

Ngumiti ako sa kanya. **"Oo naman. Basta galing sayo kahit basahan pa yan tatanggapin nya."**

Ngumiti naman sya na parang kinikilig. Nakakatuwa sya tignan. Nag-ayos pa talaga sya para lang kay Ci-N. Matangkad sakin si Rakki at maganda ang hubog ng legs. Pwede syang model dahil sa porma ng katawan nya.

Tumunog ang bell ng elevator at bumukas. Bumungad sakin si David na naka-simpleng white tshirt lang.

**"Andito kana pala."** Sabi nya. **"...akala namin hindi ka pupunta. Susunduin sana kita."**

Pumasok kami ni Rakki at hinayaan si David na pindutin yung floor number.

**"Bakit? Hindi ba magsisimula ang party ng wala si Jay-jay?"** Medyo inis na tanung ni Rakki.

**"Parang ganun na nga."** Natatawang sagot ni David.

Malamang tinotopak na naman si Ci-N kaya ganun ang nasabi ni David. Napatingin ako sa itaas na bahagi ng pinto ng elevator. Tinignan ko yung number ng floor, para kasing maling floor yung pupuntahan namin.

Alam ko 8th or 9th floor ang unit ni Ci pero nasa 12th floor na kami.

**"S-saan gaganapin yung party ni Ci? Bakit parang malayo na tayo sa floor ng unit nya?"** Tanung ko kay David.

**"Sa rooftop."** Mabilis nyang sagot habang kinakalikot ang cellphone nya.

*Ang taray....*

Nakarating kami sa pinaka-huling floor. Parang bata na hindi mapakali si Rakki. Nauuna pa sya samin ni David.

Sa fire exit lang daw ang daan papunta sa rooftop kaya naman dun kami dumaan. Binuksan ni Rakki ang pinto at naunang lumabas pero napahinto ako. Niyakap ko ng mahigpit ang ireregalo ko at napayuko.

**"May problema ba Jay?"** Tanung ni David na agad lumapit sakin.

Tinignan ko sya at ang hawak kong Babasaging Garapon. Dahan-dahan kong inabot sa kanya yun.

**"H-hindi ko kayang harapin si Ci... Baka pwedeng ikaw nalang ang magbigay sa kanya?"** Paki-usap ko.

**"But why?"**

Umiling lang ako. Hindi ko rin alam ang dahilan. Parang may humihila sakin na wag ng tumuloy. Yung orihinal na plano ko ang pumapasok sa isip.

*Ang huling beses na makikita ko ang natural na ngiti nya.*

Kinuha ni David ang hawak ko at malungkot akong tinignan.

**"Hindi magiging masaya ang birthday nya."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Sinubukan kong suklian yung ngiti nya pero hindi ko nagawa. Tumalikod sya sakin at dumiretso sa pinto ng Fire Exit. Nang mawala sya sa paningik ko saka lang ako naglakad pababa ng hagdan.

Lumabas ako sa parehong floor na pinang-galingan namin. Bagsak ang balikat ko at hindi ko maiwasan na hindi malungkot sa ginawa ko.

*Hindi na kasi talaga pwedeng ibalik...*

Palapit na ko sa elevator ng marinig akong sumisigaw. Hindi ko na sana papansinin pero umulit na naman hangang sa luminaw yung salitang isinisigaw.

**"JAY-JAY!"** Namamaos na sigaw ng kung sino.

Nilingon ko yun at ganun nalang ang gulat ko ng makita ko si Ci-N na nasa ere. Literal na nasa ere dahil bigla syang tumalon palapit sakin.

*Anak nang....*

Para syang ibon dahil sa nakabukas nyang braso at binti. Yun nga lang hindi sya marunong lumipad kaya ang ending babagsak sya....babagsak sya....sakin?!

Huli na para humakbang ako palayo dahil tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig kasama ni Ci. Tumama pa ang siko ko sa sahig at parang nakuryente ang braso ko don.

**"Ugh! Aray ko..."**

**"Jay-jay!"** Sigaw nya habang nayakap sakin.

**"U-umalis ka dyan! Ang bigat mo!"**

Dahan-dahang umalis si Ci-N sa ibabaw ko. Nakangiti pa sya habang hinihintay akong bumangon. Nakasimangot akong humarap sa kanya.

**"Sira ulo ka ba? Feeling mo si Superman ka?"** Medyo inis na sabi ko habang nagpapa-pagpag.

**"Si Eman yun..."** Patukoy nya sa tunay na pangalan ni Eman. **"...atleast naabutan kita."**

*Oo nga naman... Sumakit nga lang katawan ko.*

Hinawakan nya ang kamay ko at hinatak ako. **"Dun tayo sa party ko."**

Hangang makarating sa fire exit hataktak pa rin nya ko. Hindi na rin nya ko binigyan ng pagkakataon magsalita o magprotesta.

Pagbukas ng pinto papunta rooftop. Cue music. Para akong nakarating sa ibang lugar. Para akong nasa fun or play house.

Merong inflatable slide, pool na puno ng bolang may kulay, mascots ng iba't ibang character, table na puno ng candy at chocolate, nagkalat din ang balloons at puro makukulay na ilaw sa paligid.

Nakita ko si David na nakangiti sakin habang umiinom ng Juice. Alam nya siguron hahabulin ako ng batang to.

*Baliw kang David ka!*

**"Jay!"** Tawag sakin ni Rakki habang palapit. **"...Saan ka nagpunta at bigla ka nawala?"**

**"N-nag-CR lang."** Palusot ko.

Tinignan ko yung katabi ko at wala na si Ci. Mukang naki-halubilo na sa mga bisita nyang bata. As in bata na mukang nasa 7 hanga 9 na taong gulang. May nakikita rin akong adult pero nasa sulok sila malayo sa mga naglalarong bata.

*Bantayan nyo kaya mga anak nyo! Kapag may nangyari kasalanan ng nagpa-party.*

**"Dun tayo..."** Aya sakin ni Rakki.

Lumapit kami sa isang round table. Muntik na kong mapahinto ng makita kong kunpleto ang mga Ulupong. Kasama ang Hari nila.

"*Hi Jay!*"

"*Bagong gupit!*"

"*Mas bagay yung mahabang buhok!*"

"*Anung meron bakit ka nagpa-gupit?*"

Kanya-kanya sila ng tanong sakin. Pinili kong hindi sila pansinin. Humanap kami ng bakanteng upuan na medyo iwas sa kanila.

Ewan ko pero hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Ilang beses kong kinumbinsi ang sarili ko na dapat na kong mag-move on. At ngayong kaharap ko na sya, umuurong na naman yata ako.

**"Hi Jay!"** Bati sakin ni Mica pag-upo ko sa tabi nya.

*Akala ko kung sino...*

**"Hello..."** Bati ko at tinignan ang katabi nya sa kabila.

Wala si Calix? Niligid ko ang paningin ko at nakita ko syang naka-upo sa malayo malapit sa mga kapwa nya Ulupong.

**"War sila."** Bulong sakin ni Rakki.

Mukang napansin nyang hinahanap ko ang labidab nitong si Mica. Nakayuko lang naman sya habang kuwaring busy sa cellphone.

*Naglalaro lang naman...*

Muka kaming ewan habang pinapanood ang mga bata na tuwang tuwa sa pakikipag-laro sa mga mascot. Nanlaki ang mata ko ng makita ko ang isang pamilyar na mascot malapit samin.

**"Si Snorlax!"** Wala sa sariling sigaw ko.

Nakatayo pa ko habang naka-turo don. Hindi na ko nagdalawang isip pa. Mabilis akong lumapit kay Snorlax at niyakap sya ng mahigpit.

**"Hala Jay! Para kang bata!"** Sabi ni Rakki na sumunod pala sakin.

**"Cute nga eh! Kuhanan kita picture... Dali!"** Excited na sabi ni Mica habang tinututok sakin ang camera.

*Gusto ko gantong kalaking snorlax.*

Mahigpit ang yakap ko sa kanya habang nagpi-picture. Parang ayoko na syang bitawan pa. Iuuwi ko na to!

**"Pwede ko bang iuwi to?!"** Tanung ko kila Rakki at Mica.

Nagkibit balikat lang naman sila. Dumaan si Ci-N sa harap namin habang may dalang plato na puno ng pagkain. Nagdalawang tingin pa sya sakin bago huminto.

**"Hala! Lagot ka!"** Sabi nya na parang nagbabanta. **"...Lalaki ang nasa loob nyan."**

Awtomatikong lumipat ang tingin ko sa pwesto ng mga Ulupong. Nanlaki pa ang mata ko ng makita ko ang Hari na naglalakad palapit samin. Saradong sarado ang kamao at handa ng pumatay ng mascot.

**"Dali! Dali! Ilayo natin sya!"** Wala sa sarili kong sigaw kila Rakki at Mica.

Agad naman silang sumunod sakin habang tinutulak ang mascot papunta sa kung saan. Pinagtitinginan kami ng mga bata dahil ginagawa namin.

**"Anu ba yan?!"** Dinig kong sigaw ng isang bata ng muntik ng namin syang mabunggo.

**"Sorry."** Sabi ni Mica sa kanya.

Kung saan-saan kami nakarating hangang sa makakita kami ng mga nakatambak na bangko at lamesa. Pati ibang gamit kagaya tela at lobo, andito din. Dun kami nagtago hangang sa mawala sa paningin namin ang Hari.

**"Wala na! Wala na!"** Sabi ni Rakki habang naghahabol ng hangin.

Tinanggal nung nasa loob yung ulo ng mascot na suot nya. Pawis na pawis syang humarap samin.

**"B-bakit nyo po ako dinala dito?"** Sabi nya habang pinupunasan ang pawis. **"...baka po makagalitan ako ng Boss ko."**

**"Okay lang yan... Kami nalang kakausap sa Boss mo."** Sabi ni Mica. **"...Anu nga pala pangalan mo?"**

**"Clefford Mills po."**

Ang bata pa ng itsura nya. Mukang kasing edad lang namin pero nagta-trabaho na sya.

**"Pasensya kana ah? Kung hindi ka namin nilayo, baka umuwi kang duguan sa inyo."** Sabi ko habang pinupunasan ang pawis sa noo ko.

**"P-po?"** Medyo takot na sabi nya.

**"Yung ex kasi nya... May sapi, hindi maintindihan kung anu feelings sa kanya."** Sabi ni Rakki.

Napa-ngiwi ako. **"Hindi ko ex yun... Hindi nga naging kami eh."**

**"P-pasensya na po... P-pero naguguluhan po ako. Pwede na po ba kong bumalik sa trabaho ko?"** Paalam nya samin.

Wala naman na sigurong gagawing masama sa kanya si Keifer. Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Sinuot ulit nya yung ulo ni snorlax at lumabas na sa pinagtataguan.

Muka kaming ewan na nagstay don dahil sa pagod. Nakakaramdam na rin ako ng gutom.

**"Kain na tayo?"** Aya ko sa kanila.

Nagtinginan muna sila bago mag-nod at maglakad papunta sa table na puro pagkain. Self service ang peg nila kaya eto kanya-kanya kami ng kuha. Nahihiya akong ipakita ang pagiging patay gutom ko kaya naman kaunti lang kinuha ko.

*Mga limang sandok ng kanin at ulam. Dalawang plato dala ko. Kakahiya kasi.*

Habang kumakain bigla nalang naupo si Calix sa tabi ni Mica. Binaba nya ang isang plato na may slice ng cake.

**"Mica..."** Parang nagsusumamo ang tinig ni Calix. **"...mag-usap na tayo."**

Parang walang naririnig si Mica at tuloy lang sa pagkain. Malapit-lapit na kong maawa kay Calix dahil sa pangingilid ng luha nya.

Bahagya kong siniko si Mica at nginuso si Calix para ituro. Nagbuntong hininga sya habang nakatingin sakin.

**"Hindi ko sya kakausapin at alam nya ang dahilan."** Sabi nya at uminom ng tubig.

Bagsak ang balikat ni Calix habang naglalakad palayo. Pareho pa kami ni Rakki na naka-tingin sa kanya.

**"Anyare sa inyo? LQ?"** Tanung ko.

Umiling sya at tumingin sa kung saan. Tinignan ko si Rakki pero nagkibit balikat lang sya.

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Ci-N habang bitbit ang Babasaging Garapong regalo ko sa kanya. **"...Anu to?"**

Ngumiti ako sa kanya at binuksan ang garapon. **"1 surprise egg per day."**

Kinuha ko yung isang surprise egg at inabot sa kanya. Alam kong favorite nya yun at lagi nyang inaabangan ang nasa loob nung itlog.

Katumbas nito yung 1 message per day na merong pang-isang taon. Kaya pang-isang-taon din yung laman nung garapon.

*Sana lang magustuhan nya...*

Bigla nalang syang umiyak. Nataranta kami ni Rakki at Mica.

**"Bakit? Ayaw mo ba?"** Tanung ko.

Ngumiti sya habang patuloy sa pag-iyak. **"Nagustuhan ko!"**

Panay ang palitan namin nila Rakki at Mica ng tingin. Ang weird kasi ng ina-asta nya. Gusto nya pero umiiyak sya.

**"Gusto ko... Gustong-gusto ko talaga."** Sabi nya at pilit pinupunasan ang luha. **"...Sorry."**

Parang piniga ang puso ko ng sabihin nya yung salitang yun. Ngayon lang nya kasi sinabi yun na parang nagmamaka-awa sa kapatawaran ko, matapos lahat ng nangyari.

**"Sorry Jay... Sorry kung hinayaan ko silang saktan ka. Sorry kung pumayag ako sa plano nila. Sorry kung wala man lang akong sinabi sayo."** Huminga sya ng malalim. **"...Sorry talaga."**

*Ci-N...*

Ngayon ko napatunayan na merong magagawa yung salitang Sorry. Kahit hindi non mabago ang nangyari o maibalik ang oras. Kaya naman non hilumin ang sakit na kinikimkim ko.

Lumapit ako sa kanya at hinawakan sya sa ulo. **"Okay na... Hindi na galit si Ate. Happy Birthday!"**

Ngumiti ulit sya sakin at niyakap ako ng mahigpit. Agad din naman syang bumitaw at kinuha ang regalo ko sa kanya.

**"Itatago ko muna to!"** Buong galak nyang sabi.

Naiwan kaming nakatingin lang sa kanya. Sandaling nagpaalam na mag-cr si Mica. Si Rakki naman ay pinuntahan ang Ate ni Ci-N. Naiwan akong tumitingin lang sa paligid hangang sa makita ko ulit si Snorlax.

Lumapit ako dun at sinalubong ng yakap. **"Bulaga!"**

Bahagyang yumuko yung ulo ni Snorlax at parang tumingin sakin yung nasa loob. Ngumiti ako sa kanya ng gumanti sya ng yakap.

*Siguro kasi kilala na nya ko.*

**"Pasensya kana kanina ah? May topak kasi yung Hari ng mga Ulupong."** Sabi ko habang naka-yakap pa rin. **"...hindi maintindihan ang gusto sa buhay."**

Nayakap pa rin sakin si Snorlax at parang bumaba ang maliit nyang kamay sa bandang likod ko. Hindi ko nalang pinansin.

**"Sana totoo'ng may snorlax sa mundo. Para pwede kong padaganan yung Dimunyung Ulupong na gumugulo sa isip at puso ko."**

Sa totoo lang hindi ko alam kung bakit ako nagsasabi ng ganito sa mascot. Alam ko namang may tao sa loob pero hindi ko mapigilan na hindi magsalita sa kanya.

*Nasanay yata ako sa snorlax sa kwarto ko.*

**"...Hindi bale... Makaka-move on din ako sa peste na yun. Mawawalan din ako ng feelings sa kanya, at hindi na ko makapag-hintay."** Nakangiting dagdag ko.

Bigla nalang umalis sa pagkakayakap sakin si Snorlax at parang narinig kong magsalita si Clifford mula sa loob.

**"*I won't let you!*"**

Humiwalay ako ng pagkakayakap at taka syang tinignan. Tinanggal nyang pilit ang ulo ng mascot at nanlaki ang mata ko ng makita kung sino ang nasa loob.

*Hindi ka si Clefford!*

**"I won't let you move on. I won't let you fall out of love. I won't allow it."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Trivia

Ayun... Hindi umabot ng 10chapter.
Bigay nalang ako Trivia, about sa AMNSE at mga Ulupong.

**Trivia #1**
Nagsimula ang AMNSE habang naka-higa ako sa duyan at nagbabasa ng **The Four Badboys And Me**... Yes! You read it correctly. Puro english kasi ang binabasa ko sa wattpad at late ko na tinignan ang mga sikat na story ng pinas.

Anyways, panu nangyari? Habang nagbabasa ako, may part ng story na inilipat si Candice sa Section nila Jeydon. Sa pagkaka-intindi ko (hindi ko na kasi natapos), walang babae sa Section nila Jeydon. Full support din sila ng sumali sya ng pageant.

Dun na pumasok si *What if*... What if may Section na iisa lang ang babae? But somehow full support sila sa lahat ng bagay. #TropaGoals. Pero ayoko ng pabebe, ayoko ng inaapi, gusto ko medyo maldita.

Then isinilang ang babaeng lokaret ata.... Ipinangalan ko sa pamangkin kong naglalaro sa loob ng bahay nila.

*clap**clap*

**Pero, ngunit, subalit, datapwat....** Hindi ko kinuha si Aries, Percy, Yuri at Keifer sa Four Badboys. Dahil hindi naman badboy si Aries---kahit hindi halata.

Ang original plan ay Keifer, Jay-jay at Aries lang---then the Ulupongs. Yes! Indeed! Love triangle ang tatlo. Kasi nga ampon lang si Aries. Kaya ayun, wala talaga si Yuri at Percy.

Eh inspired masyado ang Lola nyo. Pindot lang ng pindot ng letra sa cellphone. Hindi ko namalayan nabuo na pala si Yuri tapos dapat may gagawin syang masama kay Jay-jay pero nabago na.

Si Percy? Gusto ko kasi yung lalaking parang laging naka-sunod sa bida. Dapat may gusto din sya kay Jay-jay. Kayalang puta! Ganda naman ng bida! Nahiya yung ganda ko.

Kaya nabuo ang APYK! Or KYPA or KYAP. Basta silang apat!

**Sa mga Ulupongs....**

Ang pangalan ni Blaster ay galing sa kalahok ng Music Hero sa EatBulaga. Nagalingan ako sa kanya kaya kinuha ko pangalan nya.

Si Josh din... Dun ko din nakuha. Mga last character na kasi yan. Tipong tinamad na ko mag-isip ng pangalan. Pero yung character nya inspired sa bida ng story ni blindcloud, yung the Transfer Student from Public High.

Si Denzel? Dastan talaga original name nyan pero tunog daspan kaya iniba ko. Si Grace na gf nya, sa pangalan ng classmate kong Mary Grace---na medyo may galit ako. Hehehehe

Si Calix? Meron kasi akong listahan ng mga pangalan para sa mga Baby boy. Nakita ko yan at sabi ko parang ang astig pakinggan.

Si Edrix naman, pumasok lang sa isip ko tapos late ko na napansin na magkatunog pangalan nila ni Calix. Kaya dinagdagan ko ng Knight. Rhyme baby, rhyme.

Si Rory naman, meron akong narinig sa tv na ganun ang pangalan. Movie ata yun. Tapos sabi ko parang ang unique pakinggan.

Si Kit, obviously sa crush kong si Kit Harrington. Yung gumanap na John Snow sa Game of Thrones. Wala naman akong balak gawin syang bakla... Ini-mini-maynimo lang ginawa ko don. Hahahaha

Si Mayo? Meron akong isa pang story. About sa babaeng may multiple personality. May kaibigan syang Mayo ang pangalan and it's a Girl. Kinuha ko nalang kasi hindi naman na-publish yng story na yn. Jeson is pronounce as He-son.

Si Drew or Andrew ay pangalan ni Kuya ko. Oo may kapatid akong lalaki. James Andrew ang totoo nyang pangalan pero nakuha ko ang nickname na Drew kay Drew Arellano. Magka-pangalan kasi sila ng Kuya ko. Andrew James nga lang sya.

Si Eren naman... Sa Attack on Titans. Hehehehe. Nanonood kasi ako ng movie non. Tapos naisip kong hiramin ang pangalan ng bida.

Si Felix ang unang nabuong pangalan bago si Yuri at Percy at iba pang ulupong. Bago din si Aries. Basta nabuo lang sya sa isip ko.

Si Eman... Hahahahaha... Kasi gusto ko yung pangalang Eman. Kayalang gusto ko nickname lang yun tapos malupit ang real name. Ayun nga! Malupet nga, superman. Sabi ko gusto ko may Chef sila.

Alam nyo naman na yung kay Ci-N at David. Wag nyo ng hanapin ang real David Brewer. May asawa't anak na yan.

Hahahahahaha... Sa susunod nalang ulit. Visit our group and page! Mwuah! 😚😚😚

*OceanofPDF.com*

# Cover

Maraming salamat po sa lahat ng gumawa ng Book Cover, fun art atbp. Ngayon ko lang na-Post. Hahaha

Sana magustuhan nyo ang gawa ng mga Tropa. 😁😁😁😁

**Thanks po Christine N. Sabordo**



amnse
THE
DARK
SIDE

# Ang Mutya Ng Section E

**Salamat dito Clefford Millos**

BY EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng Section E
Eatmore2behappy

Jay Jay
Yuri
ANG MUTYA NG SECTION E
Eatmore2behappy

Ang
Maltya ng
Section
I



# ANG MUTYA NG SECTION E

Eatmore2behappy

**Thank you jhona_19 or Sophia Flores**

Ang Mutya
Ng Section E

Ang Mutya
Ng Section E

Ang Mutya
Ng Section E
(Dark Side)
By:Eatmore2behappy

**Thanks po dito lyleliyeang...**

Ang Mutya ng Section E
"THE DARK SIDE"
eatmore2behappy

**Salamat dito, from twitter with love. Hahaha @presaa**


Ang
MUTYA
ng
SECTION E
PART II - THE DARK SIDE
eatmore2behappy

**Thank you po dito Aprilaine Borreta**

AMNSE
The Dark Side

**Salamat po @EmpressofIceVille**



# ANG MUTYA NG SECTION E

eatmore2behappy

AnimeNewsNetwork.com

eatmore2behappy
ANG MUTYA NG SECTION E

**Salamat riyyyyyyyyyy**

Ang Mutya
ng Section E
the Dark Side
Catmore2behappy

Ang Mutya ng
Section E
The Dark Side

**Thank you po @Dark_moon_light_7**


ANG MUTYA NG
SECTION E
(THE DARKSIDE)
EATMORE2BEHAPPY

**Thank you po CozImYours_Baby**

Ang
MUTYA
Ng
SECTION E
THE DARK SIDE
by: eatmore2behappy

**Thank you po dito MsZenZenen**


eatmore2behappy
ANG MUTYA NG
Section E
SIDE

**Sipag! Haha salamat dito thatAmbivert**

EATMORE2BEHAPPY
Ang mutya ng section E

To be continued....

*OceanofPDF.com*

# Cover II

Eto pa po ang mga cover... Marami to!

**Sipag talaga! Hahaha salamat ulit thatAmbivert**



# Ang Mutya Ng Section E: THE DARK SIDE

EATMORE2BEHAPPY

Ang
Mutya
ng
Section
E
fanglo
EATMORE2BEHAPPY

# Ang Mutya ng Section E

## THE DARK SIDE

Ang
mutya
ng
section
e

**Eto pa isang masipag! Hehe Salamat ng Marami TheGreatAdmirer**

EATMORE2BEHAPPY



2017.07.12

# AMNSE
# The Dark Side

DON'T COMPARE YOUR LIFE TO OTHERS. YOU HAVE NO IDEA WHAT THEIR JOURNEY IS ALL ABOUT. NO ONE IS IN CHARGE OF YOUR HAPPINESS EXCEPT YOU. DON'T TRY SO HARD.

Sincere
Honest
Warm-hearted
Reliable
Friendly

# AMNSE : Dark Side

Friends pick us up when we fall down,
and if they can't pick us up, they lie down and listen for a while.

PosterLabs

"Wickedly Funny!"
Jay-jay
"Terrific Performance!"
Keifer
"Heartful and Amusing!"
Yuri
AMNSE : Dark Side

MONTAGE CAMERA

marlu

By:Eatmore2behappy
Ang Mutya Ng Section E
Part II

**Salamat po dito jcfeb28**

Ang mutya ng section E
the dark side


Ang mutya ng
section E

eatmore2behappy

**Salamat po dito chrishadelavin123**

Ang Mutya ng
Section E

**Salamat po dito Itsme_talexo**


ANG MUTYA NG
SECTION E
THE DARK SIDE
The Dark Side:
The Revelation
Begins

BY:EATMORE2BEHAPPY

**Salamat po dito BabesFriendsForever**



# ANG MUTYA NG SECTION-E

## (PART TWO)

## THE DARK SIDE

By: eatmore2behappy



### Thank you po dito AlengBureng

---


Ang Mutya ng Section E
part 2
The Dark Side

### Thank you po mstryhard

# ANG MUTYA NG SECTION E



## THE DARK SIDE

EATMORE2BEHAPPY

**Salamat po Kristaleyn_Kim**


Ang Mutya ng
Section E
The Dark Side

eatmore2behappy

Thank you po dito **nowyouseeme**


eatmore2behappy
Ang
Mutya
ng
Section
E

**Thank you po dito @queenneihsy**


Ang Mutya ng section e (Part two)
The Dark Side
-eatmore2behappy

**Thank you po FairYasha7500**

Book 2
Ang
Mutya
Ng
Section
E
Dark Revelation

**Salamat po dito LadyTwinkle**

Ang Mutya
Ng
Section E
The Dark Side

To be continued...

*OceanofPDF.com*

# Chapter 215

**A/N:** Daya nyo ah! Bakit ayaw nyong i-correct Japanese ko? Dapat i-correct nyo din yan. Si Google Translator lang gamit ko wala pa kong tiwala. Hehehehe..

Thank you Jessa for teaching me basic.

**Saving you**

***Jay-jay's POV***

Minsan sa sobrang gulo ng nangyayari sa buhay natin parang ang sarap iuntog ng ulo sa pader. Yung malakas na malakas at tipong makakatulog ka nalang at hindi na magigising.

*Iuntog mo na sarili mo! Support kita!*

Pero minsan mas masarap iuntog ang ulo ng taong nagpapagulo ng lahat sa buhay mo. At yun ang gusto kong gawin dito sa kaharap ko.

**"You can't do that! You can't move on and forget everything that we've done!"** Inis na sabi nya habang dinuduro ako gamit ang kamay ni Snorlax.

Suot pa rin nya kasi ang mascot at tanging ulo lang ang naalis nya kanina. Natameme ako. Parang umurong ang dila ko at ayaw ng magfunction ng katawan ko.

*Hindi ko maintindihan tong taong to! Etong Dimunyung Gagong Impaktong Pesteng Kumag na Hari ng mga Ulupong!*

Naguguluhan ako sa ginagawa nya. At bakit ba sya ang nasa loob ng mascot na Snorlax? Nasan si Clefford na kausap namin kanina? Puno ng pagtataka ang itsura ko.

**"Hey! Listen to me!"** Sabi nya at kinakaway ang mga kamay ni Snorlax sa harap ko.

Sa halip na hayaan syang magsalita, tinalikuran ko sya at mabilis na lumayo sa kanya. Kung saan ako papunta? Hindi ko alam.

**"Jay! I'm not done talking to you! Get back here!"** Sabi nung Pesteng Hari.

Tumingin ako sa likod ko at nakita kong humahabol sya palapit sakin pero dahil sa suot nya hindi man lang sya makahakbang ng maayos.

*Buti nga sayo! Mag-dusa kang gago ka!*

Binilisan ko pa ang pagtakbo at nakisiksik narin ako sa mga batang nag-lalaro. Napatalon tuloy ako sa pool na puno ng mga plastic ball na may iba't ibang kulay.

Mukang akong ewan na lumalangoy kahit walang tubig. Basta makalayo lang ako sa Dimunyung yun.

*Langoy lang, langoy!*

Pagka-ahon don nakita ko syang pinagkaka-guluhan ng mga bata. Kulang nalang magmura sya ng malakas para lang layuan sya.

Tinuloy ko ang paglayo sa kanya. Lumapit ako sa inflatable slide at umakyat don. Ang hirap gumalaw dahil hindi naman stable yung slide. Nasa taas na ko ng magpag-tanto kong nag-aabang ang talipandas sa baba.

**"We need to talk!"** Sigaw nya sakin.

Umiling naman ako at akmang baba pero napatingin ako sa bata sa likod ko. Nakasimangot sya at kulang nalang itulak ako.

Wala akong choice kundi ang mag-slidw pababa. Alam kong nag-aabang sya kaya naman inunat ko ang binti ko at buong lakas na tumama yun sa kanya. Tumilapon sya sa pool na puro bola at hindi na nakagalaw.

**"Damn it! Remove this thing from me!"** Sigaw nya.

*Bahala ka dyan!*

Natatawa nalang ako habang tumaktakbo palayo sa kanya. Eto kasi ang dapat. Sobrang naguguluhan ako sa kanya. Hindi ko maintindihan ang gusto nyang mangyari. Pero isa lang sigurado ako, hindi na dapat ako makinig pa sa kanya.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ng kung sino sabay hawak sa siko ko.

Salubong ang kilay ko habang nakatingin sa kanya. **"Kailangan mo?"**

*Bakit parang ang tamlay ng muka nya?*

**"Can we talk? Please..."** Sabi nya na punong-puno ng paki-usap.

Handa na sana akong barahin sya ng '*You're already talking*' pero napatigil ako ng makita ang mata nya. Kita ko namang sincere sya sa pakiki-usap nya.

Ganto yata talaga ang routine ng mag-bestfriend na to. Matapos aking bwisitin ng isa, susundan naman ng isang to. Hindi ko talaga ma-gets ang trip nila sa buhay.

*Road trip? Bad trip? Field trip?*

Tipid akong nag-nod sa kanya at biniba nya ang kamay nya sa braso ko. Ginayak nya kong palapit sa fire exit. Pumasok kami don at bahagyang lumayo para makapag-usap ng maayos.

**"Anung kailangan mo?"** Tanung ko at nag-echo agad ang boses ko sa buong fire exit.

Mukang napansin naman nya yun. Binuksan nya ang pinaka-malapit na pinto at inaya ako don. Isang malawak na ballroom ang bumungad samin. Nasa sulok lang ang mga ilaw kaya medyo madilim.

**"Jay... Please. Let me explain."** Paki-usap ulit nya.

Ayoko sanang makinig pero andito na ko. Sayang ang nilakad ko kung hindi ko sya papansinin.

**"Ge! Explain."** Walang gana kong sabi.

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

I'm so thankful right now. Hindi ko alam kung anung meron pero nagpapasalamat ako na handa na si Jay-jay na pakinggan ang explanation ko.

Honestly, wala talaga akong balak na kausapin ngayon si Jay-jay. Alam ko yung nangyari sa kanila ni Keifer sa gotohan few days ago. Sariwa pa sa kanya at parang sampal sa kanya kung bigla ko syang kakausapin about this.

*Pero kanina....*

Nung makita kong hindi mapakali si Keifer kaka-hanap sa mascot na Snorlax nag-iba na ang pakiramdam ko. Kinakain na naman sya ng selos nya.

*At kinakain din ako ng selos.*

**"Letting go, but here you are searching for your next victim."** Parinig ko sa kanya.

He give me his usual death glare. I just shrugged and continue looking around. Ci-N's party is for childriend and not for teenager like us.

*What do I expect from Ci-N Peralta?*

**"Found you! Son of a b!tch!"** Galit na sabi ni Keifer at hinabol yung naka-mascot.

Napa-iling nalang ako. Bakit parang nahahawa na si Keifer kay Ci-N? It should be the other way around. Pero parang hindi yun ang nangyayari.

I release a heavy sigh and look around again. I saw Jay-jay with Rakki ang Mica. She still look pretty, even though she cut her hair. But atleast I can see her smiling again.

*I miss you Jay.*

Ngayon pinakawalan kana ni Keifer pwede na kong gumawa ng paraan. Pwede na kong kumilos ng hindi ka nasasaktan. If I need to stop the engagement, I will. Maging masaya ka lang ulit.

Yun ang nasa isip ko ng mga oras na yon pero nagbago ang lahat ng marinig ko sila. I didn't know, Keifer wear the costume thing for mascot. Kaya sobra ang pagtataka ko sa ginawa nya. And things gone worst ng marinig ko ang sinabi nya.

'*I won't let you move on. I won't let you fall out of love. I won't allow it.*'

This can't be! Kakasabi lang nya na nagpapa-ubaya na sya. Na pinapalaya na nya si Jay-jay pero ano to? Bakit may ganito? Bakit ayaw nyang hayaan si Jay-jay na makalimutan ang nararamdaman sa kanya?

I don't understand Keifer, hindi sya nagsisinungaling sa oras na to. Seryoso sya at parang ayaw pakawalan si Jay-jay. I have to do samething.

Si Keifer ang dapat na unang kakausapin ko pero nagbago ang isip ko kaya si Jay-jay ang hinanap ko. Hindi naman ako nabigo at eto sya ngayon sa harapan ko.

**"Jay... I'm really sorry for all the pain that I cause. Totoo, naging Gago din ako. Umpisa pa lang alam mo na yun."** I pause to let her speak.

Sya na nagsabi sakin non na pareho kami ni Keifer na may Sapi. Alam kong hindi naging maganda pagkaka-kilala namin pero ibinalik nya ko sa dating ako.

*Sa natural na ako.*

She didn't say anything so i continue talking. **"Binuo ni Keifer ang plano na yan, nasa tabi nya ko. Isa rin ako sa nanguna dahil galit ako kay Aries pero aaminin ko may doubt na ko non."** Huminga ako ng malalim. **"...Kaya nga sa kalagitnaan ng plano huminto ako. Napalapit na ko sayo at nakita ko na ang mga ginawa mo. When I realize that i'm falling for you I try to think a plan to save you."**

**"Save me?"** Halos pabulong nyang sabi.

Napaliwanag ko na sa kanya to noon, nung nasa gubat kami at naligaw.

**"I'm trying to save you from Keifer. From his plan but i'm too late. Nung sinabi mong may gusto ka sa kanya, para akong sinaksak ng Katana. Nahulog ka na sa plano nya at natakot akong hindi na kita mailalayo sa kanya."**

That was the night that she admit she like Keifer. I'm worried and heartbroken. I don't know what to do. I want to save her and I want her.

*I fvcking love her.*

**"Pero hindi ako sumuko. I still tried but of course I failed. I'm desperate to save you and to have you. Ayoko ng masaktan ulit at ayoko ring mangyari sayo yun."**

**"Kaya pinilit mo yang punyetang engagement na yan?"** Inis na sabi nya.

Napayuko ako. **"Y-yes."**

Napailing sya. **"Kaya pala you want to save me."** She said sarcastically.

I try to move closer but she step back. Napayuko nalang ako at huminto sa balak ko. I compose myself to continue talking.

**"I'm not putting all the blame to Keifer. Kasi andun ako nung plinano nya yun. May kasalanan din ako. I'm sorry Jay, I'm sorry for not stoping him, I'm sorry for making decisions that will cross your**

**boundaries."** Yumuko ako at ginawa ang isang bagay na hindi ko naisip na kaya kong gawin.

*I kneeled down.*

**"T-tumayo ka... Wag m-mong gawin yan."** Utos nya.

But I didn't listen to her. I really want her forgiveness. Kung kailangan kong lumuhod hangang sa hindi nya ko napapatawad, gagawin ko.

**"I'm really sorry... Please Jay. I want you back."**

Nakita ko ang paghakbang nya palapit sakin. Ramdam ko ang pagtitig nya.

**"Wala sa usapan natin na papatawarin kita."** Malamig na sabi nya. **"...Ang usapan natin yung explanation mo lang. Nothing else nothing more. Kaya tumayo kana, sayang lang ang pagluhod mo."**

Tagos sakin ang mga sinabi nya. Sobrang sakit at parang pinipiga ang dibdib ko. Hindi ko alam na kaya nyang maging matigas dahil sa nangyari. O sadyang sinasadya nyang tiisin kami.

Dahan-dahan akong tumayo pero nanatili pa ring nakayuko. Hindi ko maintidihan. Bakit kaya nya kong tiisin ng ganito samantalang kaya nyang makatagal kay Keifer sa kabila ng ginawa sa kanya?

**"Mahal mo talaga si Keifer no?"** Wala sa sarili kong sabi.

Matalim na tingin ang binigay nya sakin. Kulang nalang murahin nya ko para masabi kong galit na talaga sya sakin.

**"Kasi ang dali lang sayong patawarin sya kahit hindi naman nag-e-effort na humingi ng tawad sayo."** Sabi ko na nagpatigil sa kanya.

Pinipilit kong ibaba ang boses ko. Hindi ko mapigilang hindi sumama ang loob sa kanya. Para kasing napaka-unfair ng sitwasyon para sakin.

**"Hindi ko pa napapatawad si Keifer."**

*Hindi PA? But she will soon.*

Hindi ko mapigilang hindi mainis. I laughed bitterly. Ang sakit nito. Sobrang sakit.

**"Why him? Why still him? After all the heartache that he gave to you. You still love him."**

Bigla nalang may pumatak ang luha galing sa isang mata nya. *Watashi ga naniwoshita?* (What have I done?). Gusto ko syang lapitan at yakapin pero alam kong itutulak nya ko.

**"Hindi naman ganun kadali yun!"** Inis na sabi nya habang pinupunasan ang luha sa pisngi. **"...Kung ikaw nga hindi naka-move on sakin, ako pa kaya sa kanya! Akala mo ba gusto ko pa rin tong nararamdaman ko?!"** Galit na nya kong tinignan. **"...Ayoko nito! Ginugulo ako ng Dimunyung yun, sasabihin na hindi nya ko gusto pero magpapakita naman sya ng motibo! Dahil nga may nararamdaman ako sa kanya aasa naman ako!"**

Napahiya ako sa sinabi ko. Tama nga naman sya. Dahil sa sakit na nararamdaman ko, nakalimutan kong nasasaktan din sya.

*Baka.*

**"I'm sorry, I didn't mean to----."**

She cut me. **"Pvta! Sorry ng sorry! Sirang plaka ka ba?! Pareho kayo ng bestfriend mo! Gago talaga kayo! Paulit-ulit sa ginagawa!"** Pinunasan nya ulit ang pisngi. **"...Hindi ko tuloy alam ang gagawin ko!"**

Lumapit ako sa kanya at sa pagkakataon na to hindi na ko nag-alinlangan. Hinawakan ko ang isang kamay nya. Sinubukan nyang ilayo yun pero hinigpitan ko ang hawak.

**"Alam ko ang pwede mong gawin. Kalimutan mo ang nararamdaman ko kay Keifer. I'll help you."** Sabi ko at nilapit ang kamay nya sa muka ko.

Sandali syang natahimim ang nag-isip. *Please say Yes.* I swear i'll do anything para matulungan ka.

Sobrang sakit sakin ng makita syang nahihirapan ng dahil sa kanya. Kaya gagawin ko ang lahat para mawala ang nararamdaman mo sa kanya. Para maging masaya ka na at hindi na masaktan pa.

Binitiwan ka na nya at hindi ako papayag na magbago na naman ang isip nya. Hindi na pwede!

**"Y-yuri... A-ayoko kitang s-saktan. Baka maulit lang yung dati, nagbakasali ako tapos si Keifer din pala."** She said and tears fell out from her eyes.

**"Si Keifer pa rin ba?"** Unti-unti kong binitawan ang kamay nya. **"...umaasa ka pa rin ba?"**

Hindi sya sumagot. Sumisikip ang dibdib ko sa katahimikang binibigay nya sakin.

**"Pero binitiwan ka na nya."** I said at tinignan nya ko na puno ng pagtataka. **"...nagparaya na sya."**

**"A-anung sinasabi mo?"**

*I don't know if I should tell this.*

**"About a week now, Keifer ask me to keep you safe. I ask why but he didn't give me an answer."** Tinignan ko sya sa mga mata. **"...He said, he's letting you go."**

Kita ko ang panginginig ng kamay nya. Panibagong luha ang bumagsak sa mga mata nya. Agad akong nagsisi sa ginawa ko. Sinubukan kong humingi ng tawad pero bigla nalang naglakad paalis.

Hindi ako nakagalaw at nanatili lang nakatingin sa kanya habang unti-unti syang lumalayo sakin.

*I shouldn't have said that. I'm so sorry.*

++++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Hindi ko alam kung anung mura ang dapat kong sabihin para lang mabawasan ang bigat sa dibdib ko.

*Lahat ng klase...Pati hapon at korean.*

Mababaliw ako sa mga sinabi ni Yuri. Binitiwan na ko ng Keifer pero ano tong ginagawa nya? Ang lakas maka-depvta nito.

Mabilis ang bawat hakbang ko sa baitang ng hagdan ng fire exit. Pabalik ako sa rooftop at sa totoo lang nag-iinit ang kamao kong dumapo sa muka ng hayop na yun.

Pinaglalaruan nya ko! Buti sana kung magka-muka kami ni Barbie papayag pa ko, kaso hindi. Parang mas kamuka ko pa yung Bratz Dolls.

Binitiwan na pala ako hudlong tapos kanina, sinabi nyang hindi sya papayag na mag-move on ako. At bakit? Sino syang animal sya? Ang lagay, muka akong tanga na aasa sa kanya tapos sya paglalaruan lang ako kapag napagtripan nya.

Malapit na ko sa pinto ng bumukas yun at inuluwa ang Hayop na hinahanap ko. Napahinto din sya ng makita ako pero mabilis na lumakad palapit sakin.

**"We need to talk."** Maotoridad na sabi nya at hinawakan ako sa braso.

*Humanda ka saking hayop ka!*

Hinayaan ko syang hatakin ako. Lumabas kami sa pinto ng fire exit at narating namin ang huling floor bago ang rooftop. Patuloy sya sa paghatak sakin hangang sa huminto sya at ako---dahil walang *kami*---sa tapat isang pinto.

Nagmadali syang pindot-pindutin ang keypad sa may pinto. Bumukas yun at hinatak nya ko papasok. Binitiwan nya ko bago buksan ang ilaw. Nasa loob kami ng isang unit.

*Pero kanino to?!*

Malinis at mukang bago lahat ng gamit. Kumpleto at halos kasing lawak na to ng bahay nila Tita Gema.

Sandali kong pinagmasdan ang paligid bago bumalik sa isip ko ang dahilan kung bakit sumama ako dito.

**"I will explain to you every----."**

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin nya. Mula sa likod ko, lalakad na sana sya palapit sa sofa pero isang malakas na sampal ang sinalubong ko sa kanya.

*Kuwari may lamok!*

Alam kong ramdam nya ang pang-gigil ko sa kanya. Dapat sana susuntukin ko sya pero nag-alanganin ako kaya palad ko na lang ang sumalubong sa kanya.

Nakapaling ang ulo nya at matagal bago humarap sakin. Ni hindi nya hinawakan ang muka nya para indahin ang sakit. Gulat at galit ang nakikita ko sa kanya.

**"Sakit ba? Kabila naman, para pantay."** Inis na sabi ko.

Malalim ang naging paghinga nya. Mukang pinipilit pakalmahin ang sarili.

**"I deserve this."** Walang buhay nyang sabi.

Kuwaring tumawa ako. **"Buti alam mo dahil TANGINA MO! GIGIL NA GIGIL NA KO SAYO! Gusto kitang balian ng buto."**

Umiwas sya ng tingin bago kagatin ang labi. Lumakad sya palapit sakin para hawakan ako pero mabilis kong hinampas ang mga kamay nya.

**"Wag mo kong hahawakan!"**

**"Let me explain."** Mahinahon nyang sabi.

**"Explain what? Sige nga, parinig nga ng panibagong kasinungalingan mo."** Hamon ko.

Nagkuyom ang kamao nya at mukang napipikon na. Kita ko din ang ilang beses na pagbaba at pagtaas ng adams apple nya.

**"Jay..."** May halong paki-usap ang tinig nya. **"...I understand that you're mad but please listen to me."**

**"Ge lang! Explain mo lang... Kasi gusto kong maintindihan kung bakit mo ko pinag-lalaruan. Kung bakit mo ko pa-ulit-ulit na sinasaktan. Kung bakit eto ka na naman at ginugulo ako."** Binigyan ko sya ng plastic na ngiti. **"...Explain mo lang. Baka sakaling malinawan ako at maging dahilan yun para makalimutan ko na ang nararamdaman ko sayo."**

Bigla nalang nyang sinuntok ang pader. Aaminin kong nagulat ako pero pinilit kong hindi magpatinag. Nakayuko sya pero panay ang taas at baba ng balikat nya kasabay ng malalim na paghinga. Sarado'ng sarado ang mga kamao nya.

**"I told you. I won't let you."** Madiing sabi nya.

*Bwisit talaga! Pikon na pikon na ko!*

**"Sino ka para pigilan ako? Bakit? Hindi ba't ikaw din ang dahilan ko kaya gusto ko ng makalimot? Tapos ngayon hindi mo ko hahayaan? ANG KAPAL NG MUKA MO!"** Kasabay ng pagsigaw ko ang pagbagsak ng mga pesteng luha ko. **"...Ayoko na. Ayaw na kitang mahalin."**

**"Hindi pwede."** Halos pabulong nyang sabi.

**"Ayoko ko na!"** Sigaw ko.

**"Hindi pwede."** Bulong ulit nya.

**"Tigilan mo na ko! Hindi na kita kayang mahalin!"**

**"Hindi pwede."**

**"Tama na! Wag mo na ko pahirapan!"**

**"Hindi pwede!"**

**"Bakit ba ayaw mo kong hayaan?! Bakit ba?! BAKIT?!"**

**"DAHIL HINDI KO KAYANG MAWALA KA!"** Sigaw nya na parang umabot na sa buong floor.

Natigilan ako. Pareho kaming habol ng hininga dahil sa sigawang ginawa namin. Nanginginig ang labi ko habang nakatingin sa kanya.

Huli ko na napansin na may luha na pala sya mula sa kaliwang mata. Puno'ng puno ng hinanakit ang tingin nya sakin.

**"Hindi ko kakayaning mawala ka. So, please... Don't move on."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 216

**A/N:** May humahabol. Ayaw daw nila ng Mais dahil mabuhok... Talong nalang o kaya saging  . Swabe! Hahahahaha tapos kumana ang Jay-jay.



**Lara Saira Flores**
May humihirit... Ayw dw ng Mais 🌽 mabuhok! Gsto saging 🍌 o kaya tlong 🍆. 😂😂😂😂😂😂
6 hours ago · Like · 😆 1

**Jasper Jean Mariano**
ay gusto ng makinis at mas mahaba at malaki. di ako magtataka kung meron na ding mag suggest ng upo hahahahahahahaha 😞
6 hours ago · Like · 😆 2

Ang totoo... Si Jay-jay ang naghahanap ng Upo.

**Broken**

***Jay-jay's POV***

Sinungaling! Hindi na ko maniniwala sayo. Hindi mo na ko maloloko. Huling huli na to!

**"Oh!"** Sabi ni Percy habang inaabot sakin ang ice cream na binili.

Kinuha ko yun at sinimulang kainin. Kahit tulala at parang wala sa sarili kumakain pa rin ako.

Kasalukuyan kaming nasa park nitong Stepbrother kong baliw. Nagpasundo ako sa kanya dahil walang tao sa bahay maliban sa mga maid.

*Namasyal sila ng wala ako. Iniwan ako!*

**"Kwento mo nga ulit. Hindi kita maintindihan kanina, panay ang turo mo sa ice cream."** Sabi ni Percy habang kinakain ang ice cream nya.

Nagbuntong hininga ako at inumpisahan ulit ang kwento ko tugkol sa naging usapan namin ni Keifer. Hindi ako pinatulog ng mga sinabi nya. Hindi ko nga rin alam kung panu ako naka-labas sa unit na yon at naka-uwi mag-isa.

Ubos na ni Percy ang ice cream nya ng matapos akong mag-kwento.

*Takaw! Tsk!*

**"Naniniwala ka ba sa sinabi nya?"** Tanung nya.

Umiling ako. **"H-hindi ko alam."**

**"Bakit hindi mo alam?"**

Napabuga ako ng hangin. **"Syempre! Wala pa kayang isang buwan yung nalaman ko yung pang-ga-gago nila sakin. Malay ko kung nagsi-sinungaling na naman sya."**

**"Pero may chance na naniniwala kang nagsasabi sya ng totoo."**

Taka nya kong tinignan. **"Hindi no!"**

Bahagya syang ngumiti. **"Edi dapat ang sagot mo sakin '*hindi naniniwala*'."** Natigilan ako. **"...pero ang sinagot mo sakin ay '*hindi mo alam*', dahil may part sayo ang umaasang totoo."**

Kung tutuusin tama sya. Kung hindi nga ako naniniwala dapat ang sagot ko sa tanung nya ay '*hindi*'. Kasi nga siguro may bahagi ko nga ang umaasa.

*Umaasa na totoo ang sinasabi nya.*

Akmang isusubo ko na ang ice cream sa kamay ko pero napahinto ako ng makitang wala na kong hawak sa kamay. Tinignan ko yung paanan ko at sahig baka kasi nalaglag.

Napatingin ako kay Percy at ang walanghiya may kinakain na ice cream kahit ubos na yung sa kanya, kanina pa!

**"Akin yan! Animal ka!"** Inis na sabi ko.

**"Matutunaw na kasi! Hindi mo pa ubusin. Ako nalang uubos."** Sabi nya at parang nag-aasar pa.

*Bwisit to! Sarap sampalin pabalik-balik.*

**"Hindi mo na naisip na nilawayan ko na yan?"** Sarkastikong sabi ko at huminto sya sa pagkain.

**"Oo nga no!"** Gulat na sabi nya habang tinatakpan ang bibig. **"...Shit! May rabis ka pa naman."**

Muntik ko ng hubarin ang suot kong sapatos para ipukpok sa kanya. Buti nalang at mahirap magtali ng sintas. Tinawanan lang naman nya ko ng makita ang reaksyon ko tapos ay kinain ulit ang hawak.

Napabuntong hininga ako at tumingin sa kung saan. Kamalas-malasan nakakita ako ng mag-syotang sweet na sweet habang naglalakad malapit samin.

*Bakit ba dito pa dumaan tong mga to?!*

**"Sarap nyong silaban ng sabay."** Bulong ko na mukang narinig nitong katabi ko.

**"Woohh! Bitter alert! Bitter alert! Bitter alert! Bitter alert!"** Parinig nitong katabi ko. **"...may nag-almusal ng ampalaya dito!"**

*Talipandas!*

Malakas na hampas sa batok nya ang binigay ko. Matapos ubusin ang ice cream na pinabili ko, eto sya at bubwisitin ako. Pinagtinginan tuloy kami ng mga tao.

**"Aray!"** Reklamo nya habang hinihimas ang batok.

**"Lakas mo maka-sira ng araw."**

**"Bitter na bitter ka kasi... Wag ka nga mandamay ng ibang tao. If you don't believe in forever, ikaw nalang wag mo na pagsigawan at wag mo na ipamuka sa iba. Let them discover it by their own..."** Hinimas nya ulit ang batok. **"...Tsaka hindi mo naman sila ka-ano-ano at wala silang ginagawa sayo kaya wag mo silang idamay sa pagiging bitter mo."**

Napataas ang isang kilay ko sa kanya. **"Anung pinaglalaban mo?"**

Halatang napikon sya sinabi ko. Maka-ilang ulit nyang ginulo ang buhok at tumingin sa ibang direksyon. Naiintindihan ko naman ang ibig nyang sabihin pero kung maka-explain kasi sya ay parang inis na inis sakin.

**"Bitter ka masyado kay Keifer."** Bulong nya na halatang parinig.

*Naging bitter pa ko ngayon?*

Pinandilatan ko sya ng mata. **"Hindi ako Bitter! Naiinis ako sa kanya! Ang gulo-gulo ng utak nya! Ipagtatabuyan nya ko tapos kapag lalayo na ko hahatakin na naman nya ko pabalik! Anu akala nya sakin?! Aso'ng may tali sa leeg?!"**

Umayos sya ng upo at hinarap ako. **"Alam mo kasi si Keifer, kakaiba yan magmahal. Todo bigay, lahat isasakripisyo nya para sa mahal nya."**

Taka ko syang tinignan. **"Todo bigay?"**

**"Oo... Baliw sa pag-ibig, siguro kasi kulang sya non sa pamilya nya kaya kapag nakakatagpo sya hindi na nya pinapakawalan."**

**"A-anung gusto mong palabasin?"**

Huminga sya ng malalim. **"Ang sinasabi ko, pwede'ng may feelings nga talaga sya sayo. Kasi kung wala, matagal ka na nyang tinigilan."**

Ang sarap pakinggan ng sinasabi ni Percy. Ang sarap maniwala na meron nga talaga pero nakakatakot din. Nakakatakot dahil sa salitang '*pwede*'.

**"...pero hindi ka nya nilubayan, kasi hindi nya kaya. Baliw na sayo yon! Baka may nangyari lang at kinailangan ka nyang palayuin."** Dagdag nya.

Napabuntong hininga ako. **"Hindi ko alam kung anu yung nangyari na yon... Pero mas mabuti kung tuluyan na syang lumayo."**

*Tigilan na nya ko.*

**"Ayaw mo na talaga?"** Tanung nya.

Tipid akong umiling. Ayaw ko na kasing umasa. Nakakagulo ng isip. Mas gusto ko pa nung sinabi nyang wala na talaga. Kesa ganito puro baka-sakali lang ang alam ko.

**"Edi sabihin mo sa kanya."**

Napairap ako. **"Sinabi ko na nga diba?"**

**"Edi ipakita mo."**

Napakunot ang noo ko. **"Anu bang pinagsasasabi mo? Ang gulo mo kausap!"**

**"Ipakita mong ng-m-move on ka na. Makipag-date ka sa iba. Ipakita mong masaya ka na wala sya."**

Ngayon ko lang napag-tanto na may sense din pa lang kausap ang isang to. Hindi ko na sya ibabalik sa pinanggalingan nya. Wag lang sya mag-j-joke ng korni.

*Bibigyan ko sya ng mais* .

**"Sana nga kaya kong gawin yun."** Halos pabulong kong sabi.

May ilang minuto pa kaming tumambay at nagkwentuhan hangang sa abutin na kami ng pananghalian. Nag-punta kami sa isang restaurant na halatang mamahalin.

**"Persing... Maliit lang dala kong pera."** Bulong ko sa kanya habang tumitingin sa menu.

**"Sinong Persing?"** Medyo inis nyang tanung.

Umiling nalang ako bilang sagot. Hindi nga pala nya alam na ganun ang pinangalan ko sa kanya sa cellphone ko.

**"...Ako magbabayad nito. Wag ka mag-alala."** Sabi nya sakin baho harapin ang waiter at sabihin ang order namin.

Umalis ang waiter hawak ang menu. Habang naghihintay tinignan ko yung paligid ng restaurant. Ang ganda kasi ng lugar at ng mga palamuti nila at may Chandelier.

*Kakanta ako mamaya.... I wanna swing.... Chandelier chandelier!*

Aksidente akong napatingin sa entrance ng restaurant. Nagdalawang tingin pa ko sa dalawang taong pumasok. Dito ko napatunayan na ang lakas talaga maka-pvta ng Hari ng mga Ulupong.

Kasama na naman nya yung Honey Bee Raider na yun! Semi-Formal ang ayos nila hindi kagaya ng suot namin ni Percy. Para lang kaming napadaan at masabi lang kumain sa mamahaling restaurant.

*Muka kaming basahan.*

Titig na titig ako sa kanila habang kinakausap nila ang isang waiter. Mukang nagpapahanap ng table. Dapat dun sila ilagay sa malayo-layo samin. O kaya sa labas sila dito kami sa loob.

Hinarap ko si Percy na panay ang pindot sa cellphone nya.

**"Pwede ba tayong lumipat ng restaurant?"** Tanung ko ng hindi ipinahahalata ang inis ko.

**"Naka-order na ko. Isa pa masarap ang steak dito."**

Handa na sana akong sabihin sa kanya na andito rin ang dahilan ng sakit ng ulo ko pero hindi ko na nagawa dahil andito na sila sa harapan namin.

**"Keifer?"** Sabi ni Percy at tinignan ako sandali bago ulit sila harapin.

**"Percy..."** Ramdam ko ang paglipat ng tingin nya sakin. **"...Jay."**

*Shit!*

Para akong nakuryente sa pagbanggit nya ng pangalan ko. Kainis! Bakit kailangang may ganun? Unti-unti akong humarap sa kanila habang nakangiti ng plastik. Yung plastik na plastik, yung babagay sa kanila.

**"Andyan pala kayo? Hindi ko napansin."** Sabi ko.

**"Hindi napansin o hindi talaga pinansin."** Sagot nung Honey habang tinataasan ako ng kilay.

*Mukang sinisimulan na naman ako ng babaeng to.*

**"Pareho..."** Nakangiting sagot ko pa.

Tumaas agad ang isang kilay nya pero sa halip na patulan ako kumapit lang sya sa braso nitong Pesteng Hari at hinimas-himas yun.

**"Maki..."** Maarteng sabi nya. **"...pakilala mo naman ako dito sa friend mong blue eyes."**

Tinignan muna sya ni Keifer bago harapin si Percy.

**"Percy this is Honey Bee Raider. Pamangkin ng lawyer ko."** Tinapik nya ang kamay ng Babaeng bubuyog na nakakapit sa kanya. **"...Honey, this is Percy Coll----Mariano."**

Agad namang nakipag-shake hands si Honey kay Percy. Halatang wala lang sa stepbrother ko ang presensya nya.

**"So, magkaka-ano-ano kayo?"** Tanung ni Honey patukoy saming dalawa ni Percy.

**"Stepsister ko sya."** Seryosong sabi ni Percy.

Nag-nod lang naman sya bilang pagtanggap sa sagot nitong kapatid kong baliw. Ang pinagtataka ko lang, panay ang ngiti nitong Babaita'ng to sa kasama ko.

Eto namang Hari ng mga Ulupong ayaw alisin ang tingin sakin. Ayokong makasama tong mga to dito.

**"Tapos na pagpapakilala... Alis na kayo."** Nakangiting sabi ko kahit gusto ko na talaga silang ingudngod sa lamesa namin.

**"Rude."** Maarteng sabi nung Honey.

*Muka mo rude!*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Percy. **"...wag naman ganun."**

Napataas ang isang kilay ko. Expected ko kasi kakampihan nya ko pero mukang mali talaga ang ginawa ko.

**"Tutal dito rin naman kami kakain, mind if we share a table?"** Tanung ni Honey kay Percy.

*Kay Percy lang talaga sya nagpa-alam.*

Nagtinginan kami ni Percy. Tinitigan ko sya ng masama para makuha nya na hindi ako payag.

**"That's a great idea."** Sabi nitong Hari at nagtawag ng waiter.

Sinenyasan ko si Percy na pigilan yung isa pero huli na dahil naglagay na sila ng isa pang lamesa sa tabi ng table namin. Napilitan akong lumipat sa tabi ni Percy at naging katapat ko tuloy tong Dimunyung Hari.

Ibinigay nung dalawa yung order nila. Habang panay naman ang tinginan namin nitong kapatid ko. Ang lakas kasi maka-gago. Hindi pa kami sumasagot pero eto na at naka-ayos ang lamesa.

Nagsalin ng wine yung waiter sa apat na wine glass. Ibinigay yun saming lahat. Kinalabit ko si Percy.

**"Umorder kaba nito?"** Bulong ko.

Umiling sya. **"Sa kanila ata to. Dinamay lang tayo."**

Hindi pa ko talaga nakaka-inom ng ganito. Meron sila Tita at nakikita ko si Kuya Angelo na umiinom pero hindi ko pa nasusubukan. Tinulak ko lang palayo yung baso at tumikhim.

Napatingin ako sa kaharap ko at agad na nagsalubong ang kilay ko. Titig na titig sakin ang walang hiya samantalang yung katabi nya panay ang ngiti kay Percy.

**"So, panu kayo naging mag-step-siblings?"** Tanung ni Honey kay Percy.

**"Paki mo."** Mabilis kong sagot bago pa makapag-salita yung isa.

Matalim ang tingin nya sakin. Kulang nalang dumamba sya sa table at sabunutan ako.

**"I'm not talking to you, i'm talking to him."** Mataray na sabi nya.

*Kala mo ikaw lang marunong magtaray?!*

**"I'm not talking to you too, i'm talking to..."** Pinag-isipan ko pa kung kanino ko ituturo pero kay Percy din ang ending. **"...him."**

Pare-pareho silang nagtaas ng isang kilay. Humarap ako sa katabi ko at pinaka-titigan sya. Nukang nakuha naman nya yung ibig kong sabihin.

**"O-oo... Ako kausap nya."** Kamot sa ulong sagot ni Percy.

Gusto kong tumawa ng malakas yung tipong nagsusumigaw ng '*pahiya ka ngayon*!'. Kayalang nakakahiya. Maraming makakarinig at baka isiping baliw ako.

*Kahit totoo naman... Baliw!*

Dumating ang order namin at nagsimula na silang kumain. Sila lang dahil hindi ko alam lung panu ang gagawin ko sa steak *daw* na to. Tapos parang hilaw pa.

**"Let me slice it for you."** Sabi nitong impakto sa harap ko.

Akmang kukuhanin na nya ang plato ko ng ilayo ko sa kanya yun at iabot kay Percy.

**"Paki-hiwa... Salamat!"** Sabi ko.

Walang nagawa si Percy kundi gawin ang request ko. Kahit hindi ko tignan alam kong nainis tong Hari sa ginawa ko. Hindi ko yun ginawa para inisin sya. Ayoko lang magkaroon ng meaning sakin ang bawat action nya.

Binalik sakin ni Percy ang plato ko at sinimulan ko na ding kumain. Pero habang ngumunguya ako parang gusto kong ibuga yung kinakain ko. Ayaw kasing alisin nitong Hayop na to yung tingin nya sakin.

*Malapit-lapit na kong mapikon.*

**"Percy..."** Tawag ni Honey dito sa katabi ko. **"...may girlfriend ka na ba?"**

Yung straight to the point si Ateng. Halatang may pagtingin dito sa katabi ko. Gusto ko sanang sumingit sa usapan nila kayalang mahahalata na ko at baka pagmulan pa ng away.

**"W-wala..."** Alanganing sagot ni nya.

Ipinatong ni Percy ang isang kamay sa hita. Piniga nya yon at parang naiinis sa tinanong ni Honey.

Dahan-dahan syang tumayo. **"Comfort room lang ako."**

Hindi na ko nakapag-salita. Pinanood ko lang syang umalis hangang sa mawala sya sa paningin ko. Tatayo na rin sana ako para pumunta sa cr pero biglang nagsalita ang Hari.

**"Honey..."** Tumingin si Honey sa kanya. **"...make him busy."**

Ngumiti ng malawak si Honey at binaba ang table napkin sa lamesa. **"My pleasure."** Tumayo sya at sinundan ang dinaanan ni Percy.

Napatanga nalang ako. Hindi ko kasi maintindihan yung sinabi nitong Gago na to. Marunong akong umintindi ng English pero naguluhan ako. At kung bakit ganun nalang kalawak ang ngiti ni Honey, ang nagpadagdag sa gulo.

Itutuloy ko na sana ang balak kong pagpunta ng cr pero hindi ako makagalaw. Para akong nanigas sa kinatatayuan ko dahil sa paraan ng pagtingin nya sakin.

**"We need to talk."** Maotoridad nyang sabi.

Mataray akong tumingin sa kanya. **"You're already talking."**

Huminga sya ng malalim. Halatang nagpipigil ng galit. Ngayon alam ko na kung bakit inutusan nya si Honey.

**"Listen to me..."** Panimula nya. **"...I don't know where to start----."**

**"Sa starting line."** Mabilis kong putol sa sasabihin nya.

Nagsimula ng mangunot ang noo nya tapos ay nagdugtong na ang kilay nya. Hinatak din nya ang kwelyo para luwagan ito.

**"Okay..."** Nagbuntong hininga sya. **"...Dun ako sa simula."**

Napangiti ako. **"Sa katapusan nalang para masaya."**

*Finish line na...*

Unti-unti na kong pinapatay ng titig nya sakin. Ang totoo, ayoko talagang pakinggan ang paliwanag nya sakin. Natatakot kasi ako. Natatakot akong baka masaktan na naman ako.

**"Jay... I'm trying to be nice here."** Sabi nya na puno ng diin.

Kinuha nya yung wine glass sa harap nya. Uminom sya sandali at tinignan ako.

**"Please Jay. Gusto kong ipaliwanag sayo ang lahat. Kaya sana umayos ka at pakinggan mo ko."** Dagdag nya pa.

Unti-unti'ng nawala sa isip ko ang pang-aasar sa kanya. Naging seryoso kaming dalawa at parang kami lang sa lugar na to ang tao. Tinitigan ko sya sa mga mata.

**"Tama na Keifer."** Mahinahon kong sabi. **"...wag ka na magpaliwanag."**

**"I have to. I want you to know everything."**

**"Ayoko na kasi..."** Napayuko ako. **"...Ayoko ng makinig sayo."**

Parang may kung anung bumara sa lalamunan ko. Pinilit kong harapin sya. Para syang nasaktan sa sinabi ko ng makita ko sya. Bahagya pang naka-awang ang bibig nya.

**"Tama na... Please. Napapagod na kasi ako."** Paki-usap ko at nagsimula ang panlalabo ng paningin ko. **"...Napapagod na kong mahalin ka kahit wala naman akong ginagawa..."** Tuluyan ng bumagsak ang luha ko. **"...Pinipilit kong lumayo sayo pero hinahatak mo ko pabalik."**

**"Why? Why are you running away from me?"** Malumanay ang boses nya.

*At nagtanong ka pa talaga...*

**"Dahil yun ang dapat. Wala namang dahilan para mag-stay ako diba?"** Pinilit kong ngumiti. **"...mahal kita pero hindi mo ko mahal. Tama ng minsan akong nagpaka-tanga sa panloloko nyo ayoko ng ulitin pa."**

Nanatili syang nakatingin sakin. Hindi sya nagsasalita kaya pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

**"Kung ako papipiliin, gusto ko ng umalis sa Section nyo. Kasi pinahihirapan ako ng presensya mo. Kapag andyan ka, parang dinudurog ang puso ko."** Pinilit kong pigilin ang pagluha ko. **"...Torture sakin ang pagpasok, k-kasi naalala ko lahat ng ginawa natin. Yung masasayang ala-ala nating lahat----t-tapos biglang kasinungalingan lang pala."**

Ilang beses akong huminga ng malalim. **"Masakit..."** Tinuro ko ang dibdib ko. **"...sobra."** kinagat ko ang labi ko para pigilin ang malakas na pag-iyak.

Wala akong tunay na kaibigan. Kapag nay nakikipag-kaibigan sakin tinatanggap ko agad. Kapag pinakilala ko kay Lola, alam na kagad nya ang pakay sakin ng tao. Madalas tama sya.

Sa Section E ko lang naranasan yung kaibigan, barkada o tropa. Akala ko pang-matagalan na pero tinakam lang pala ako. Binawi din sakin yun at parang sinabi na hindi ako magkakaroon non.

**"Kaya please lang Keifer."** Tinignan ko sya. **"...Tama na."**

Matagal nya kong tinitigan. Hindi sya kumikilos nung una. Bigla nalang nyang binaba ang table napkin sa lamesa at bahagyang lumapit sakin.

Ngumiti sya, yung ngiting parang walang nangyari.

**"You..."** Panimula nya. **"...You're making me crazy."**

Pinunasan ko ang mga luha ko at tinignan sya ng puno ng pagtataka.

**"I'm Mark Keifer Watson. I'm smarter than you think. I'm stronger than you know..."** He smirk. **"...And I'm the King of Ulupongs."**

Mabilis ang naging pagkilos nya. Mula sa katapat kong upuan at katabi ko na sya. Nakatingala ako sa kanya habang sya naka-yuko hawak ang batok ko at pinagtatagpo ang mga labi namin.

Muka akong tanga na tinutulak sya pero hinahabol naman ng labi ko ang labi nya.

*Yung totoo?!*

Pinagdikit nya ang mga noo namin habang pareho kaming nakapikit. Hawak pa rin nya ang batok ko. Habol ang hininga namin dahil sa halik na yon.

Hindi ko naman itatanggi. Na-miss ko din naman ang mga labi nya. Dagdag pa yun sa sakit na nararamdaman ko.

**"Ikaw lang Jay... Ikaw lang ang babaeng nagpahirap sakin ng ganito."** Bulong nya.

Lumayo sya sakin at umupo sa katabi kong bangko. Hinawakan nya ang kamay ko at hindi na binitawan yun.

**"I-ikaw ang nagpapahirap sakin."** Medyo inis na sabi ko sa kanya.

Hinalikan nya ang likod ng palad ko at idinikit yun sa pisngi nya. Nakangiti sya sakin habang magaan ang tingin nya na para bang pagod na pagod sya.

**"I'm scared."** Sabi nya at ngumiti. **"...I'm scared of many things..."** Pumikit sya.

*Anung kinakatakutan mo?*

Napatingin ako sa kanya ng maramdaman kong basa ang likod ng palad kong nakadikit sa pisngi nya. Umiiyak sya.

**"Yuri is right. I lied to him, I lied to you and I lied to myself."** Umurong ang dila ko at walang kahit anung salita ang lumalabas sa bibig ko. **"...I have feelings for you that you can never imagine."**

*Shit! Shit! Shit! Shit! Shit! Shit! ---sabi ng heartbeat ko.*

Totoo ba to? Baka epekto lang ng steak sa ulo ko. Baka hallucination lang to. Yung tipong kabag lang at kailangan ko lang iutot. Gutom lang at kailangan ko lang ikain. Antok lang at kailangan ko lang itulog.

**"K-keifer..."** Ang tanging lumabas sa bibig ko.

Hinawakan ng isang kamay nya ang pisngi ko. **"Natatakot akong hawakan ka kahit gusto'ng-gusto ko. Ayoko'ng saktan ka kagaya ng nagawa ko kay Freya. Pero kapag kinakain ako ng selos hindi ko mapigilan ang sarili ko."**

Naalala ko yung ginawa nya nung hinalikan ko si Yuri. Hinatak nya ko papunta sa likod ng room at hinawakan sa panga. Masakit yun at aaminin kong natakot ako sa kanya.

**"...Hindi na ko papayag na maulit yun."**

Ngumiti sya at pumikit ulit. **"...Malapit na ang birthday ko at ikaw ang gusto kong regalo."**

*Birthday? February 29 nga pala ang birthday nya.*

Napayuko ako. Hindi ko kayang ibigay ang regalong hinihiling nya.

Binitiwan nya ang kamay kong nakadikit sa pisngi nya at inalis naman nya ang kamay nya sa muka ko. Pinunasan nya ang muka nya at tumayo. Bumalik sya sa upuan na parang walang nangyari.

**"You want me to stop? Then I will."** Walang emosyon nyang sabi. **"...but that's only for a while."**

Naguguluhan na naman ako. Marunong nga akong umintindi ng english pero magulo talaga ang gagong to.

**"Anu bang..."** Napabuntong hininga ako. **"...Titigil nga pero pansamantala lang? B-bakit? Anu bang iniisip mo?"**

**"I'm giving you space."**

*Spaceship ang kailangan ko palayo sayo!*

Napapailing nalang ako. Hindi ako makapaniwala. Baliw na talaga sya.

**"...But when I return. You're officially mine wether you like it or not."**

*Whut thu fvck?!*

Handa na sana akong bweltahan sya pero bigla nalang may dumamba sa katabi kong upuan. Pagtingin ko nanlaki ang mata ko sa itsura ni Percy.

Magulo ang buhok, gusot ang damit at bukas pa ang zipper ng pants nya. Hingal na hingal din sya na parang may tinatakbuhan.

**"Alis na tayo!"** Sabi nya at pilit akong hinahatak. **"...Dali!"**

Napatayo ako at pinagmasdan syang mabuti. Naglabas sya ng pera sa wallet at nilapag yun sa lamesa bago ako muling hatakin. Tuloy-tuloy kami hangang sa parking kung nasan ang kotse nya.

**"Anu bang nangyayari sayo?!"** Tanug ko pagpasok sa kotse nya.

Taranta pa nyang pina-andar yun at nagmamadaling minaneho.

**"Huy! Anu ba?! Napapano kaba?! Bukas pa yang zipper mo!"**

Bigla nalang nyang inihinto sa isang sulok. Muntik pa kong masubsob. Sinara nya ang zipper ng pants nya at nanginginig pang humawak ulit sa manibela.

**"Percy! Anu ba?!"** Inis na tanung ko.

Bigla nalang syang umiyak. Wala namang luha pero lukot-lukot ang muka nya. Gusto kong matawa pero baka magalit sya.

**"Jay..."** Sabi nya at kuwaring humihikbi. **"...Minanyak ako... Nung Honey!"** At nagsimula na syang ngumawa na parang bata.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 217

**A/N:** So ayun... ..

Hahahahahaha 😂😂😂😂😂.
May nakita kasi akong isang basket ng Mais dun sa office sa Munisipyo. Natawa lang ako bigla. Mabuhok kasi..... 😂😂😂😂😂😂😂😂

**Engage no more**

***Jay-jay's POV***

May sakit si Percy. Nilalagnat daw sabi ng Mama ni Felix ng tumawag to sakin kanina lang.

Pakiramdam ko nagkasakit yun dahil hindi nakatulog kagabi. Panay ang tawag nya sakin at halatang balisa. May pagkakataon din na bubulong sya ng kung ano-ano at paulit-ulit sinasabi '*ang puri ko*'.

*Ni hindi ko nga alam kung meron sya non.*

Tinawagan ko sya sa cellphone nya para malaman ang kalagayan nya. Tatlong beses pang nag-ring yun bago nya sagutin.

**["*Jay...*"]** Sabi nya ng namamaos ang boses.

**"*Seryoso? Anong nangyari sa inyo ni Honey?*"** Tanung ko at narinig ko na naman ang paghikbi nya.

Tuwing tatanungin ko sya ganyan lagi ang nangyayari sa kanya. Iiyak tapos kung anu-anu sasabihin hangang sa mamatay ang tawag.

**["*Ang puri ko! Jay!*"]** Dinig ko ang paghikbi nya. **["*Binaboy nya ko!*"]**

*Ang hirap alamin kung seryoso siya o hindi.*

Napabuntong hininga ako. **"Seriously? Kung hindi mo sasabihin, pupuntahan ko si Honey."**

**["*WAG!!*"]** Malakas na sigaw nya kaya nailayo ko pa ang cellphone ko sa tenga. **["*Wag mong gagawin yan! Impakta ang babaeng yun...*"]** Pahina ng pahina ang boses nya.

Para syang sinasapian. Idagdag pang namamaos ang boses nya. Malapit-lapit na silang maging tropa ni Golum.

*Baka may sapi talaga!*

**"Ano ngang ginawa sayo?"**

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. **["*Ayun... Ginalingan. Nilabasan. Nag-uwian*"]**

Kumunot ang noo ko. Wala talaga akong naintindihan sa sinabi nya. Kung kaharap ko lang sya baka nasampal ko na sya.

**"Ang gulo mo! Wala akong naintindihan sa sinabi mo!"** Inis na sabi ko.

**["*Iihhh! Siya nga... Inano niya ko!*"]** Sabi nya habang nakakarinig ako ng maingay sa side nya.

Mukang nagpapagulong-gulong ang luko sa higaan. Gumuhit ang pandidiri sa itsura ko.

**"Eeww... Nag-*ano* kayo?!"**

**["*Hindi ah! Pero pinaligaya----este minanyak nya ko!*"]**

Ayoko ng magtanung. Bahala na ang imagination ko maglaro sa mga sinabi nya. Mas mabuting wag ko nalang siyang kulitin.

**"Sige na... Magpahinga ka na. Baka lalu kang magkasakit."**

Hindi ko na inantay ang sunod nyang sasabihin. Pinatay ko na agad ang tawag. Masisiraan ako ng bait sa lalaking to. Ang lakas ng kasi ng tama nya. Hindi ko alam kung alin ang totoo sa sinasabi niya. Alam ko naman kung kailan siya seryoso pero ngayon parang hindi.

*Hindi ko tuloy alam ang paniniwalaan.*

Kaya pala natagalan sila sa CR. Kaya pala ganun nalang ang ngiti ni Honey sa kanya. Kaya pala.... Kaya pala.....

Mas mabuting magpahinga nalang siya. Ibaba ko na sana ang cellphone ko sa mesa ng tumunog yon at pumasok ang isang textmessage.

Napangiwi ako ng makita ang pangalan ng nagtext sakin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *My life... I miss you.*

Yung hindi ko na nga sya nirereplyan pero ang kulit pa rin nya. Consistent sa pagiging GagongBaliw ang isang to. Isama pa yung pakiramdam na parang kilala ko sya.

Sa halip na replayan, binaba ko nalang ang cellphone ko sa lamesa. Nahiga ako sa kama at sa matagal na pagtitig sa kisame kusa nalang ako nakatulog.

Nagising ako dahil sa tunog ng cellphone ko. Parang may tumatawag. Bumangon ako at kinuha yon sa lamesa pero saktong paghawak ko natapos ang tawag.

*Si Yuri ang tumawag.*

Nagkibit balikat nalang ako at tumingin sa orasan. 6pm na pala, ang haba ng tulog ko. Nakaramdam ako ng gutom. Binaba ko ulit ang cellphone ko sa lamesa at lumakad ako palapit sa pinto ng kwarto ko.

Saktong pagbukas ko ang pagbungad sakin ng kamay ni Yuri. Mukang kakatok pa lang sya.

**"Anung ginagawa mo dito?"** Medyo iritableng tanung ko.

**"A-anu... K-kasi..."** Himas batok na sabi habang umiiwas ng tingin.

Semi-formal ang ayos ng luko. Para bang may lakad o ano. Napataas ang isang kilay ko habang hinihintay ang isasagot nya.

**"Hangang anung oras ako maghihintay ng sagot mo?"**

Napabuntong hininga sya. **"Remember? Dinner with the Head Master."**

*Sinong Head Master?*

Dahan-dahan akong umiling. Wala akong maalala. Anu ba yung Head Master? Bakit may ganun?

**"I'm doom."** Bulong nya habang naka-yuko.

Pakiramdam ko mabigat ang pino-problema nito. Papa-alisin ko na sana sya pero parang bell sa pandinig ko yung salitang *dinner.*

*Pagkain.... Libre....*

**"Please... Hindi ako makakabalik sa bahay ng hindi ka kasama."** Paki-usap nya.

Naningkit ang mata ko sa kanya.

*Ayan! Japanese na rin ako.*

**"Tapos? Anung gagawin?"**

**"Ipapakilala kita sa Head Master then Dinner."**

*Dinner.....Dinner.....Dinner.....Pagkain!*

**"Panu kung ayoko sumama?"**

Bagsak ang balikat nya habang nagpipilit ng ngiti. **"I understand."**

Hahakbang na sana sya para umalis pero pinigilan ko sya agad.

**"Teka lang!"** Taka nya kong tinignan. **"...My sushi?"**

Kahit nagtataka sa sinabi ko, unti-unti syang nag-nod.

**"Hintayin mo ko. Bihis lang ako."** Sabi ko at mabilis na sinara ang pinto.

Dumiretso ako sa cabinet ko at namili ng damit. Humanap ako ng pwedeng ibagay sa suot ni Yuri. Masabi man lang belong ako sa pupuntahan ko.

*Semi-formal Dress.....*

Muka akong ewan habang sinusuklay ang sabog kong buhok. Nagka-buhol-buhol kasi sa ipit ko kanina. Ayun, nagmukang buhok ng mangkukulam. Kung anu-anu na napahid ko, pati yata deodorant naipahid ko sa buhok ko.

Nang matapos sa lahat ng kalandian sa katawan, lumabas na ko. Nakayuko pa ang Yuri habang naka-sandal sa pader.

**"Tara na! Hinihintay na ko ng sushi."** Sabi ko at nagpa-una pa sa kanyang maglakad.

Kabot batok naman syang sumunod sakin. Si Tita Gema ang sumalubong sakin sa Sala. Nakangiti pa sya habang may kausap sa phone.

**"Aalis na kayo?"** Tanung nya samin.

**"Opo..."** Si Yuri ang sumagot. **"...ihahatid ko po sya mayang 10pm."**

**"Sige. Ingat kayo."**

**"Sige po Tita."** Sabi ko bago lumabas.

Walang kumikibo samin simula ng umandar ang kotse. Nakatutok sya sa pagmamaneho ako naman ay sa labas lang naka-tingin.

*Pagkain! Pagkain! Pagkain! Pagkain!*

Malapit na kami sa building nila ng bigla syang huminto. Akala ko dahil sa traffic light pero wala naman. Tinignan ko sya na bahagyang nakayuko habang mahigpit ang hawak sa manibela.

**"Jay-jay..."** Pabulong nyang tawag sakin. **"...Please do me a favor."**

Bahagyang kumunot ang noo ko habang nakatingin sa kanya. Hinintay ko ang sasabihin nya. May ilang beses syang lumunok bago itaas ang ulo at harapin ako.

**"What ever happens don't tell them our exact status."** Sabi nya habang nakiki-usap ang mga mata sakin. **"...kapag nalaman ng Head Master ang totoo, baka kung anu magawa nya sayo. Kaya please....wag na wag ka magsasalita tungkol sa kalagayan natin."**

Kahit hindi ko maintindihan ang ibig nyang sabihin. Nag-nod nalang ako.

*Para sa sushi!*

Pina-andar nya ulit ang kotse at dumiretso kami sa basement parking ng building nila. Bubuksan ko na sana ang pinto pero pinigilan nya ko.

**"Wag ka muna bababa."** Sabi nya bago sya magmadaling bumaba at lumapit sa pinto sa tabi ko.

Binuksan nya yun at tinulungan akong bumaba. Gusto ko syang batukan ng malakas dahil hindi ko maintindihan ang ginawa nya. Nag-f-feeling gentleman ang ugok.

Hawak hawak din nya ang kamay ko habang palapit kami sa elevator. Nawi-wirduhan na talaga ako sa ginagawa nya. Hindi pa kami okay, at kaya lang ako sumama sa kanya dahil sa libreng pagkain at sushi.

*Food is life!*

Pagpasok sa loob ng elevator hawak pa rin nya ang kamay ko. Tinignan ko sya ng masama.

**"I-i have to do this. Sorry."** Sabi nya at umiwas ng tingin.

Yung pagkain nalang ang iisipin ko. Pasalamat sya gutom ako kung hindi, hindi talaga ako sasama sa kanya. Pagkain all the way!

Pagbukas ng pinto ng elevator, walang sumalubong samin. Wala yung mga babaeng naka-kimono at bumabati samin ng lenggwahe nila.

Hinubad ni Yuri yung sapatos nya at ganun na din ang ginawa ko. Hawak na naman nya ang kamay ko habang naglalakad kami.

*Nakakarami na to! Sasampalin ko na to!*

Huminto kami sa harap ng isang pinto na gawa sa kahoy at papel----yung ini-slide kagaya sa makalumang bahay sa Japan. Dinig na dinig ko ang malakas na tawanan ng kung sino sa loob. Umupo si Yuri at yuyuko sana pero bigla syang tumingin sakin.

**"Kailangan mo ding gawin to."** Bulong nya.

**"Ayoko."** Walang buhay kong sagot.

Hinawakan nya ang kamay ko at pilit akong hinahatak para mapa-upo. Lumaban ako sa kanya ng hatakan.

**"Jay... Anu ba?!"** Inis na sabi niya.

**"Masakit sa binti yan. Ayoko!"** Sabi ko habang hinahatak ang kamay ko.

**"Wag kana makulit!"**

*Kainis! Sushi lang ang pinunta ko dito.*

Hinatak na naman nya ko at sobrang inis ko, sinipa ko sya sa muka pero kasabay non ang bigla pagbukas ng pinto.

*Shit!*

Natigilan ako habang nakatingin sa mga tao sa loob. Tumigil ang tawanan nila kasabay ng pagtingin sakin at kay Yuri.

Nilipat ko ang tingin ko kay Yuri na kasalukuyang nakahiga sa sahig at nakatingin din sa kanila. Napilitan akong umupo sa sahig kagaya ng pinapagawa nya. Bumangon tong katabi ko at bumalik sa pwesto.

Naka-yuko lang kami pareho.

*Mukang magiging bato pa yung sushi.*

**"Konbanwa. Chikoku shite sumimasen."**(Good evening. Sorry for being late) sabi ni Yuri.

Wala akong naintindihan. Pwede na ba kong kumain? Kanina pa ko talaga nagugutom.

**"Anata no fianse?"** (Is that your fiance?) Tanung nung lalaki sa gitna na naka-upo sa dulo ng mahabang table.

Hindi ko sya kilala. Alam kong hindi sya yung Lolo ni Yuri. Nakakatakot kasi syang tignan kesa don sa tinatawag ni Yuri na *Tanda*.

**"Hai, heddomasutā."** (Yes, Head Master.) Sagot nitong katabi ko.

*Anu bang pinag-uusapan nila?*

Bigla nalang tumawa ng malakas yung matandang kausap ni Yuri. Humahawak-hawak pa sya sa tyan nya na akala mo sobrang nakakatawa yung pinag-uusapan nila.

*Baka pinag-tatawanan nila ako?!*

**"Tsuyoi on'na! Kare wa anata o utsu koto ga dekimasu."** (Strong woman! He can beat you down!)

Malapit-lapit na kong mainis sa matandang to. Hindi ko alam kung anu yung pinag-sasasabi nya. Ang lakas mang-asar.

**"Come here, eat with us."** Aya samin nung Papa ni Yuri.

Tinignan ko si Yuri ng dahan-dahan syang tumayo. Ganun na din ang ginawa ko pero inalalayan nya ko agad. Nakayuko kaming pumasok sa loob. Tinuro ni Yuri ang pu-pwestuhan ko.

**"Long time no see. How are you?"** Tanung ng Mama ni Yuri.

**"I-im good. I hope you are too."** Sagot ko.

*I'm hungry! Can i eat?*

Tumawa yung Mama ni Yuri. **"Yes, I am."**

Pinipilit kong ngumiti pero alam kong ngiwi ang nagagawa ko. Kainis naman kasi! Pahamak tong Sushi na to.

Biglang nagsalita yung matanda sa gitna. Hindi ko naintindihan yung sinabi nya kaya naka-tanga lang ako sa kanya.

**"Tinatanung nya ang buo mong pangalan."** Bulong sakin ni Yuri.

**"J-jasper Jean Mariano po."** Alanganing sagot ko.

Nagsalita si Yuri at mukang pinaliwanag nya yung sinabi ko. Ngumiti yung matanda at nag-nod.

Nag-simula na rin akong kumain ng abutan ako ni Yuri ng mangkok na puno ng kanin. Pa-unti-unti lang ang kain ko dahil sa bwisit na chopstick na to.

*Asan na yung sushi?*

Panay pa rin ang daldal nung matanda sa gitna habang kumakain kami. May pagkakataong magtatawanan sila kaya na-out of place ako. Malay ko ba sa pinag-uusapan nila.

Maya-maya nakatingin na naman sakin yung matanda at may sinabi na naman. Hinintay kong ibulong sakin ni Yuri ang sinabi nung matanda pero nakatanga lang sya habang namumula.

**"Huy... Anu sabi?"** Tanung ko sa kanya.

**"A-anu... K-kung pwede daw na... Magka-b-baby na tayo pagkatapos ng kasal."** Sabi nya habang pilit umiiwas ng tingin sakin.

Tumingin ako dun sa matanda na todo ngiti sakin. Ang Mama at Papa naman ni Yuri panay ang tawa. Binalikan ko ng tingin si Yuri pero kinunutan ko sya ng noo.

**"Dipende..."** Sabi ko at tinignan nya ko. **"...dipende kung a-attend ako sa kasal natin."** Sarcastic na sabi ko.

Napangiwi si Yuri bago nagpilit ng tawa.

**"Kanojo wa itta, kanojo wa sore ni tsuite kangaerudarou."** (She said, she'll think about it.)

Malakas na tawa na naman ang sinagot nung matanda samin. Hangang sa matapos ang hapunan, daldal pa rin sya ng daldal.

*Wala namang sushi! Sinungaling tong Yuri na to!*

Nakasibangot akong naglakad kasunod ni Yuri. Meron silang pinag-uusapan nung matanda. Humarap sya sakin at ngumiti.

**"Gusto ka daw nyang maka-usap. Please lang... Ayusin mo sana sagot mo sa kanya."**

Nagsalubong ang kilay ko. **"Panu ko gagawin yun? Hindi ko nga maintindihan ang sinasabi nya."**

Kamot batok si Yuri na humarap sa matanda. Meron ulit syang sinabi bago maglakad palayo samin yung kausap nya. Hinawakan na naman nya ang kamay ko at naglakad.

**"May mga itatanung lang sya sayo. Wala ako don kaya iba ang tutulong sayong kausapin sya."** Sabi nya.

Huminto kami sa harap na naman ng kaparehong pinto kanina. Sabagay, pareho-pareho naman ang nga pinto dito. Bumukas yun at naka-upo na sa likod ng malaking lamesa yung matanda kanina.

*Sino ba kasi talaga to?*

Sinenyasan nya kami at umalis bigla si Yuri. Pumasok ako sa loob at doon ko lang napansin na may kasama kaming babae. Sya ang nagsara ng pinto bago maupo sa tabi nung matanda. Naupo na rin ako dun sa parang unan na nalalagay sa sahig.

**"Ms. Mariano?"** Tawag sakin nung babae. **"...Ako po so Alliah Mata. Ako po ang translator nyo."**

Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Nakatitig pa rin sakin yung matanda na para bang sinusuri ako. Tumingin sya dun sa Alliah bago magsalita.

Wala na naman akong naintindihan kaya napilitan akong hintayin ang sasabihin nung translator.

**"Tinatanung ng Head Master kung kilala mo daw sya."** Sabi nung Alliah.

Napakurap ako. Head Master? Sya na yon? Expected ko yung lalaking kalbo ang tuktok at may dalang samurai. Eto kasi matandang nakakatakot lang.

**"M-medyo hindi."** Alanganing sagot ko.

Nagsalita ng Japanese si Alliah at bahagyang natawa naman yung Head Master. Mahaba-haba ang naging sagot sakin nung matanda.

*Para akong nanood ng anime na straight from Japan.*

**"Gusto kong malaman mo na ako ang Head Master ng Hanamitchi Clan. Sakin nakasalalay ang balanse ng buong pamilya. Sinisiguro ko ang pagiging pantay ng buong lahi sa lahat ng bagay..."** Muling nagsalita yung matanda at napatuloy din si Alliah. **"...Si Yuri na iyong mapapangasawa ay aking Apo sa bunso kong kapatid."**

Yung napatanga nalang ako. Tagalog naman yung sinabi ni Alliah pero pakiramdam ko ibang lengwahe din. Ang gulo! Saksakan ng gulo!

Sumakit yata ang ulo ko. Wala bang sushi dito?

**"Okay... K-kilala ko na."**

Translate na naman ni Alliah yung sinabi ko. Muling may sinabi yung matanda kay Alliah at kahit hindi pa sya tapos magsalita, trinanslate na nya yun sakin.

**"Hindi kita gusto sa totoo lang. Malayo ka sa babaeng nais namin para kay Yuri. Hindi ka Hapon, hindi ka ma-impluwensya, isa kang bastarda at puro gulo ang dala mo..."**

Nagsara ang kamao ko sa sinabi nya. Gusto kong gumanti ng mura pero dahio matanda sya nanatili akong tahimik. Hindi ko lang alam kung panu nya nalaman ang mga bagay na yon.

Nagpatuloy si Alliah. **"...kulang ka rin sa manners. Kung ako ang masusunod hindi ako papayag na mapangasawa ka ng Apo ko..."** Huminga ng malalim yung matanda at nagpatuloy sa pagsasalita ganun din si Alliah. **"...Sadyang matalino lang talaga si Yuri at maaga nyang natutunan ang kakayahan nya bilang taga-pag-mana. Ginamit nya yon para makuha ang mga gusto nya."**

Hindi ko alam kung may karapatan na ba kong sumagot. Puro panlalait ang ginawa sakin ng matandang to. Gusto'ng-gusto ko ng magpakawala n malutong na mura pero nahihiya parin naman ako. Nasa bahay nila ko at sya narin ang nagsabi na wala akong *manners*. Ayoko namang patunayan nya na wala nga ako non.

Muling nagsalita yung matanda at si Alliah to the rescue naman sa pagtranslate.

**"Gusto kong magtino ka. Ayusin mo ang sarili mo dahil kapag dinala ka na namin sa Japan, walang tatanggap sayo sa pamilya."**

*Kingina! Wala na ngang sushi, may lait pang kasama.*

**"Okay lang yun... Hindi ko rin naman tanggap ang sarili ko na maging parte ng pamilya nyo."** Tuloy tuloy na sabi ko.

Halatang nabigla si Alliah at nag-aalangang itranslate ang sinabi ko. Pero sinenyasan ko sya na ituloy nya.

Ayoko sanang maging bastos pero anung magagawa ko. Natatapakan ang pride ko sa pinagsasasabi ng matandang to. Sarap sampalin back to back.

Sinabi ni Alliah sa matanda ang mga sinabi ko. Bigla nalang nagsalubong ang kilay nya at sumigaw ng mga salitang hindi ko maintindihan.

Nanginginig pa si Alliah na tumingin sakin.

**"Wala kang galang... Hindi mo na ko nirespeto. Saang iskwater ka ba napulot ni Yuri. Wala kang pinag-aralan."** Malumanay na sabi nya sakin.

*Wow... Feeling nyo naman meron kayo non.*

Ayoko ng dagdagan ang galit nya at baka atakihin na sya sa puso. Tumayo ako at diretsong tinignan yung matanda sa mata.

**"Kung puro insulto lang ang sasabihin nyo sakin, aalis na ko..."** Nag-bow ako. **"...salamat sa hapunan."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong lumabas at naglakad papunta sa elevator. Nakita ko pa si Yuri pero nagtuloy-tuloy lang ako.

Habang hinihintay bumukas ang elevator, pilit kong sinusuot ang sapatos ko. Naiinis ako! Hindi ko tuloy masuot ng maayos.

*Tatapon ko to!*

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Yuri. **"...Anung nangyari? Anung sinabi mo sa Head Master?"**

Tinignan ko lang sya ng masama. Sakto namang bukas ng pinto ng elevator. Pagpasok ko, sumunod din pala sya. Pinang-gigilan ko yung button sa inis.

**"Jay-jay anu ba?! Anung sinabi mo sa kanya?!"**

Huminga ako ng malalim. Kanina ko pa talaga feel manapak at kung hindi titigil to, sya ang sasapakin ko.

**"Itigil mo na to."** Mahinahon kong sabi.

**"Jay..."**

**"Itigil mo na tong kasal na to."**

Huminto sya at tinignan lang ako. Hindi ko alam kung nabigla sya o ano. Bumukas yung pinto ng elevator at mabilis akong lumabas pero agad nya kong hinawakan sa braso.

Kusang gumalaw ang kamao ko para tumama sa muka nya. Bagsak sya sahig habang hawak ang pisngi. Gusto ko pang sundan. Isang sapak pa sana pero pagod na ang katawan ko tapos wala pang sushi.

*Badtrip! Badtrip!*

Dahan-dahan syang tumayo. **"Jay... B-bakit?"**

**"Bakit?! Pvta! Tanung ba yan?!"** Galit na sigaw ko. **"...Itigil mo na! Ikaw lang naman ang may gusto nito! Ayaw ng pamilya mo, ayaw ko at napipilitan sila Tita Gema!"**

Napayuko sya kasabay ng pagsara ng kamao. Alam nya yon, hindi ko na kailangang sabihin sa kanya.

**"Y-yun ba talaga ang gusto mo?"** Mahinahon nyang tanung.

Huminga ako ng malalim. Kailangan kong huminahon. Baka masundan ang suntok ko sa kanya.

**"Oo."**

**"Sige."** Mabilis nyang sagot. **"...Ititigil ko na."**

Gusto kong sumigaw sa tuwa. Kusang nawala yung inis ko mula kanina. Kahit walang sushi.

**"...pero sa isang kondisyon..."**

Natigilan ako. Naudlot ang kasiyahan na nararamdaman ko.

**"...Let's start all over again."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Cover III

Eto pa... Sabi sa inyo marami eh. Hahahaha...

Kung meron po kayong mga gawang cover pwedeng pwede nyo pong iPost sa group just don't forget to put your wattyname para mamention kayo.

Yung iba may wattyname kayalang ayaw ma-tag. Hindi ko alam kung nagpalit na sila o ano.

**Salamat po dito Sandrea Fernandez**


Ang Mutya Ng Section E
(Part Two)
By: eatmorez behappy

**Maraming-maraming salamat kay muuted .Eto ang unang naging cover ng DarkSide.**

ANG MUTYA
NG SECTION E
EATMOREZ2BEHAPPY
All Rights Reserved

**Maraming salamat din kay AnnaTumolvaII**

ANG
Mutya Ng
eatmore2behappy
Section E
The Dark Side

eatmore2behappy

# ANG MUTYA NG SECTION E
## THE DARK SIDE

**Thank you po kay SissyDoggie**


Ang Mutya
Ng Section E
EATMORE2BEHAPPY
All Rights Preserved

**Thank you din sa OP ni Michael Angelo**

eatmore2behappy
Lee Jong Suk
Song Joong Ki
Jung So Min
Ang Mutya ng Section E

**Salamat din sa cover na to @larein_miguel**

# MUTYA NG SECTION E

## THE DARK SIDE

EATMORE2BEHAPPY

# MUTYA NG SECTION E

## THE DARK SIDE

EATMORETOBEHAPPY

**Salamat @mayetandeng**




ANG MUTYA NG SECTION E
The Dark Side
eatmore2behappy

**Thank you dito Laibegail**


Eatmore2behappy
Ang
MUTYA
ng SECTION E
(Part Two)

# Salamat din kay Sofia Lim



Tropa ni eatpa2behappy

# Ang Mutya ng Section E

## (THE DARK SIDE)


PicCOLLAGE

**Thank you din yemenems**

ang mutya ng
section
E
eatmorezbehappy

jay-jay
keifer
ana mutya na


ang mutya
ng
section E
eatmore2behappy

# ang
# mutya
# section
# E

# Salamat po dito Elaizia Sanford

eatmore2behappy

# Ang mutya ng section E
## (Dark side)


PicCollage

## Thank you po dito cutiekittyjoy

# ANG MUTYA
# NG
# SECTION E

## THE DARK SIDE

**alamat dito Aira Tecson**

eatmore2behappy

ANG MUTYA
Ng Section E.
THE DARK SIDE
by:eatmore2behappy

**Thank you po dito @MoonAspera**

# Ang mutya ng section E

## (the dark side)

By: eatmore2behappy

**To be continue....**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 218

**A/N:** Feeling ko kay Spongebob nagmana si Persing at si Ci-N. Nanood kasi ako habang nagtype.

TROPA NI
EATMORE2BEHAPPY
HAPPY
3K MEMBERS!
www.facebook.com/groups/tropanieatmore2behappy

Happy 3k Members sa aming group. Ganyan talaga kami, we enjoy little things in our groups. Hihihi

Mais!

Ang
Mutya
ng
Section
E
(darkside)
By:eatmore2behappy

Thank you so much Flower ni Sooyoung for this wonderful cover. Can't find your wattyname in my list. Sorry.

## Textmate

***Jay-jay's POV***

It's official! Wala ng kasal na magaganap. Gusto kong nagtatalon sa tuwa at mag-celebrate magdamag kundi lang nagwawala si Kuya sa labas ng kwarto ko.

**"Angelo! Tama na!"** Awat ni Tita Gema. **"...Nakainom ka! Magpahinga ka na!"**

**"No! I just want to talk to them!"** Pagpipilit ni Kuya Angelo.

Naaawa ako sa kanya na hindi ko maintindihan. Ngayon ko lang sya nakitang lasing na lasing. Kapalit ng kasunduan namin ni Yuri ay ang pag-urong ng company nila na tulungan si Kuya.

**"Bukas na! Gabi na!"** Sigaw ni Tita Gema.

**"Now! We need to talk about it now!"**

Bahagya kong binuksan ang pinto ng kwarto ko at sinilip sila. Hirap na hirap si Tita na ipasok sa kwarto si Kuya. May dalawang maid na rin ang tumutulong sa kanya.

Napatingin ako sa pinto ng kwarto ni Aries. Bahagya din kasing nakabukas yun at nakasilip din sya sa parehong posisyon ko. Para kaming kapitbahay na nakiki-usyoso sa nagwawala.

**"Ma!"** Sigaw ni Kuya na parang nagsusumamo. **"...I failed you again."**

*Awtsu!*

Para akong binato ng bato sa muka. Kung tutuusin hindi naman nya kasalanan. Pero parang dinadala nya lahat ng problema.

**"No son. You didn't failed me."** Mahinahong sagot ni Tita. **"...magpahinga kana please."**

Parang kusa ding tumigil ang katawan ni Kuya sa pakikipag-matigasan. Hindi na sya pumalag ng ipasok sya sa kwarto para magpahinga. Medyo matagal sila sa loob bago lumabas yung dalawang maid.

Sumunod naman si Tita. Bago pa nya maisara yung pinto lalapit na sana ako sa kanya pero naunahan ako ni Aries.

*Papansin tong Horoscope na to!*

**"Ma... Panu na tayo nyan?"** Tanung ni Aries.

Ngumiti si Tita Gema sa kanya at hinawakan sya sa pisngi.

**"Matulog ka na. Wag mong problemahin yun."**

Yumakap si Aries kay Tita at hinalikan sya sa pisngi.

**"Kayo din po Ma."**

Panu kaya kung hindi sya pina-ampon ni Mama. Ganyan din kaya sya sa Mama namin? Magiging masunurin din kaya sya at malambing? O baka mas malala ang pagiging abnormal nya?

*Dun tayo sa malala.*

Humiwalay ng yakap si Tita at nakangiting tumalikod para pumunta sa kwarto nya. Naglakad na pabalik si Aries pero huminto sya ng makita ako.

**"A-aries..."** Tawag ko sa kanya. **"...O-okay lang ba sila Tita?"**

Salubong ang kilay nyang lumapit sakin at hinablot ako sa siko. Masakit!

**"Wala ka bang utak?!"** Inis na tanung nya. **"...Malamang hindi! Sabihin mo nga sakin, kagagawan mo ba to?!"**

Hindi ako nakasagot. Pilit kong binabawi ang siko ko pero lalo lang nyang hinihigpitan.

**"May kinalaman ka ba sa pag-ayaw ng mga Hanamitchi?!"** Sigaw nya sa muka.

*Shit naman! Talsik laway pa!*

**"Bitiwan mo ko! Susuntukin kita!"** Banta ko.

Binitiwan nya ko pero pabalibag. Dahilan para tumama ang likod ko sa pinto. Tinignan ko sya ng masama.

**"Sana lang talaga wala kang kinalaman. Malilintikan ka kay Kuya."** Sabi nya at tuloy-tuloy na naglakad papunta sa kwarto nya.

Pabalibag nyang sinara ang pinto. Nanatili lang akong nakatanga. Eto na kasi yung resulta ng kalayaang hinihingi ko. Alam ko namang isa to sa posibleng mangyari pero hindi ko naman expected na ganito kalala.

Pumasok ako sa kwarto ko at nahiga sa kama. Kainis! Hindi ko alam kung panu haharapin si Kuya Angelo. Nahihiya ako sa kanya. Hindi pa nga kami nakakapag-usap ng maayos dahil sa huling pagsigaw ko sa kanya tapos ngayon ganito pa.

Sandaling inagaw ng cellphone ko ang atensyon ko. Tumunog kasi yun pero nung hawakan ko naman biglang nawala. Pagtingin ko may miss called galing kay GagongBaliw.

*Problema nito? Biglang napatawag.*

Wala na sana akong balak pansinin sya pero ewan ko. Parang may nag-udyok sakin na mag-aksaya ng load sa taong to.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Baliw!*

Akala ko hindi sya magre-reply. Inabot din kasi sya ng ilang minuto bago sumagot.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ako syo? Oo nMn!*

Ang lakas talaga ng tama ng taong to. Sino kaya talaga ang isang to? Atat na atat tuloy akong hiramin ang Sosyaling instinct ni David para malaman ko kung sino to.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *cno kba tlga? Lkas ng trip mo sa mundo! Kng nant-trip k lng pwdeng wg aq? Ang dmi ko ng prob, hnd ko alm kng anung uunhin ko. Wg kna sumali.*

Nakatanga ako sa cellphone ko habang sini-send yun. Hindi ko rin inalis ang paningin ko don habang hinihintay ang magiging sagot nya. Nakapag-games na ko at fb pero hindi pa rin sya nag-re-reply.

*Baka sumuko na...*

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Parang mas lalung bumigat ang pakiramdam ko nung hindi sya nag-reply.

Naibato ko tuloy ng di-oras kay snorlax ang cellphone ko. Balak ko sanang umikot para talikuran yon at matulog pero bigla nalang tumunog. May tumatawag.

Dinampot ko yun at ganun nalang ang pagtataka ko ng makita kong tumatawag ang GagongBaliw. Ayoko sanang sagutin pero parang nagkusa ang kamay ko ng pindutin yung kulay green na telepeno sa screen.

Inilagay ko yun sa tenga ko at hinintay syang magsalita pero wala akong naririnig na kahit ano.

**"H-hello?"** Sabi ko pero wala pa rin.

**"Hello? May tao ba dyan?"** Wala pa rin nagsasalita. **"...May hayop ba dyan? Alien? Engkanto? Impakto?.."** Wala pa ring sumasagot. **"...Tarantado meron? Gago?"**

Tinignan ko yung screen ng cellphone dahil baka naputol na yung tawag pero tuloy pa rin. Muli kong idinikit sa tenga ko ang cellphone.

**"Kung hindi ka magsasalita, papatayin ko na to."** Banta ko at nakarinig ako ng malalim na buntong hininga.

*So may nilalang sa kabilang linya?!*

Parang nabadtrip ako sa inasta nya. Ginagawa nya kasi akong tanga. Umupo ako ng maayos sa kama.

**"Hoy! Pwede? Tigilan mo na ko! Wag kang pa-mysterious effect dyan! Hindi nakakatuwa! Nakakainis! Dagdag ka lang sa isipin ko ang dami ko na ngang problema!"** Inis na sabi ko at bigla nalang namatay ang tawag.

*Hindi rin bastos ang Gagong to!*

Isang textmessage ang dumating galing na naman sa kanya. Kahit naiinis ako binuksan ko pa rin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I can't talk but I can listen. Tell me ur problem. Alteast mbwasn ang bigt ng nrramdamn mo sa pagssbi skin.*

Napatigil ako. My point sya kung tutuusin. Pinag-iisipan ko pa lang sana ang ire-reply sa kanya pero tumawag na naman sya. Sinagot ko yun at nilagay sa tenga.

Hindi na naman sya nagsasalita. Sa pagkakataon na to ako naman ang nagbuntong hininga. Hindi ko sya kilala, hindi ko alam kung sino sya. Pero sa ngayon, sya lang ang meron ako na handang makinig sakin.

**"Gagong baliw..."** Panimula ko. **"...hindi naman kasi kita kilala. Kaya yan ang pinangalan ko sayo."**

Para syang ngumisi mula sa kabilang linya. Hindi ko nakita pero naramdaman ko dahil sa mahinang tawa na narinig ko.

Tinuloy ko ang pagsasalita. **"...hindi ko talaga ma-gets trip mo sa buhay. Pwede ka namang magpakilala, eh kung bakit gumaganyan ka. Siguro malaki atraso mo sakin----yung sobrang laki nahihiya na yang pagmumuka mo!"** Humiga ulit ako sa kama at niyakap si Snorlax. **"...ang dami kong problema. Sa pamilya, sa bahay, sa school, sa mga kaklase**

**at sa punyetang love-love na yan. Isama pa yung mga basagulero dyan na trip yata talaga ako."**

**["Hhmm..."]** Sagot nya na parang sinasabi na magpatuloy ako.

**"Ewan ko kung kilala mo na buong pagkatao ko.... Broken family kasi si ako. si Mama ko iba-iba nagiging asawa, si Papa ko hindi ko pwedeng makasama. Yung pakiramdam na sinalo ko lahat ng pahirap nilang dalawa."** Tinitigan ko si Snorlax at inisip na sya yung kausap ko sa kabilang linya. **"...Sa bahay, nakikitira lang ako pero tinuring naman nila kong pamilya talaga, pero syempre hindi sa lahat ng pagkakataon. Pinagka-sundo nila ko don sa kaklase kong anak ng business-*keneme* nila. Ipinapakasal nila kong pilit don----pero umatras din naman sila, kapalit nga lang ng tuluyang pagbagsak ng company."**

Umikot ako at umiba ng posisyon. Yakap-yakap ko pa rin si Snorlax at kasalukuyan ko ng pinaglalaruan ang tenga nya.

**"...Yung problema ko sa school problema na siguro ng mga studyante. Ang tagal ng graduation!.."** Medyo inis pa na sabi ko at parang narinig ko syang tumawa. **"...Sa mga kaklase ko..."** Napatahimik ako ng bumalik sakin ang lahat-lahat ng masasayang ala-ala namin. **"...pinaniwala kasi nila ko. Akala ko kabilang ako sa kanila. Yun pala isa lang akong laruan para sa kanila, pinag-pustahan at pinagka-isahan na parang wala kaming pinag-samahan."**

Nagbabadya na naman yung luha ko kaya ilang beses akong huminga ng malalim.

**"Tapos yung taong mahal ko. Saksakan ng gulo! Sarap nyang sampalin back to back. Pinag-lalaruan nya ko----kamuka ko ba si Barbie para paglaruan? Lakas ng trip nya. Bading yata ang putik!"** Narinig ko ang pagtikhim nya at parang gusto ng magsalita. **"...Bading yun! Kilala mo ba yun si Mark Keifer Watson? Badin yun! Bading!"**

*Bading na bading sayo...*

Ewan ko pero bigla nalang akong natawa sa mga sinabi ko. Kung kaharap ko lang ang Hari ng mga Ulupong na yun malamang tinunaw na ko ng masamang tingin nya tapos salubong ang kilay.

**["Tss..."]** Dinig kong sabi nya.

Bigla nalang akong kinabahan. Natitigan ko yung cellphone ko. Para kasing----hindi! Hindi si Keifer, hindi rin si Yuri. Maraming nagsasabi non kapag naiinis.

*Hindi sya yan... Hindi magsasayang ng oras ang isang yon para lang makipag-textmate.*

Magsasalita na sana ako pero bigla nalang namatay ang tawag. Hinintay ko kung tatawag pa sya ulit pero hindi na. Sinubukan ko din syang tawagan pero hindi naman sinasagot.

Nag-type nalang ako ng message para sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *hnd pa q tpos mgSlita... kLa ko mkknig ka?*

Tinitigan kong mabuti ang screen ng cellphone ko. May ilang minuto rin ang hnnty ko bago ko na-receive ang sagot nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *sory, i hve to go.*

Naihampas ko sa unan ang cellphone ko dahil sa inis. Ewan ba kung bakit na-badtrip ako. Kakaiba kasi talaga ang pakiramdam ko sa taong to.

Para bang isa sya sa mga Ulupong. Pero panu mangyayari yun? Wala namang nakaka-alam ng bagong number ko sa kanila. Sa Percy lang ang pinagbigyan ko. Si Rakki din dahil nung birthday ni Ci-N. Ewan ko lang si David.

*Bwisit! Sino ba kasi talaga to?*

Muling tumunog ang cellphone ko. Inis kong kinuha yun at isang text mesage ang dumating galing na naman sa kanya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *it ws nice hearing ur voice again. 😊*

Yung nakagat ko nalang yung labi ko ng di-oras. Nawala bigla yung inis ko kahit hindi naman dapat. Bwisit kasi! Yung emoji nagdala.

*Hindi ako kinikilig! Hindi! Hende nge eh! Enebe?!*

Nadaganan ko tuloy si Snorlax dahil sa biglaan kong pagdapa. Kainis kasi! Kinuha ko yung cellphone ko at nagtype ng message.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ewn ko syo! Gudnyt na nga!*

Ayoko pa sanang magpaalam. Kayalang sabi nya kasi '*i have to go*'. Nag-e-enjoy akong katext tong hayop na to. Muling tumunog ang cellphone ko dahil sa reply nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Gudnyt... I hope you'll hve sweetdreams. 😙😙😙*

*Tsk! Ene be yen?! Emoji pe kese!*

Nanginginig pa kamay ko sa pagreply sa kanya. Gusto kong sabihin na '*oo, sweet ang dreams ko dahil sayo*', pero syempre kailangan wag pahalata.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ikw din. Sweetdreams din. 😊😊😊*

Mabilis naman ang pagsagot ng luko. Kahit hindi ko pa nababasa panay naman ang ikot ko sa higaan dahil sa hindi ko maintindihan na feelings.

*Hindi nga kasi ako kinikilig!*

Binasa ko agad ang reply nya sakin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *nah! But wet dreams will do!*

*Ay Gago neto!*

Nawala na yung nararamdaman ko. Agad na nabalik yun inis ko at gusto kong ipukpok yung cellphone ko sa pader. Nakalimutan kong Barabas nga pala ang katext ko na to.

Madiin ang pagkakapindot ko ng mga letra sa cellphone ko mabuo lang ang message ko sa kanya. Animal ang lintik!

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Queen Ina ka! Wg ka na nGa txt skin! Lkas mo mkCra ng gv!*

Sa sobrang inis ko sinakal ko si Snorlax. Putik na yon! Ganda na ng ngiti ko kasi nabawasan na yung sama ng loob sa katawan ko. Nabalik din, dahil sa kanya!

Muli na namang tumunog ang cellphone ko. Wala na sana akong balak pansinin yun pero may kung anung nagtutulak sakin na basahin ang message nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I more like it when u talk to me like that..*

Napangiwi ako. Baliw talaga ang isang to. Ang lakas ng tama nya. Gusto nyang minumura ko sya sa text ganun ba? Sira ata talaga ang tuktok nitong isang to.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Baliw ka tlga! Bgy na bgy syo ang name mo... GagongBaliw!*

Mabilis ang naging pagsagot nya sakin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Gago na nga Baliw pa. How rude.*

Rude daw! Muka mo rude. Bagay lang naman sa kanya yun. Binubwisit nya ko. Impakto sya! Replay naman ako agad sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ewn q syo! Wg mo n nga aq istrbuhin! Akla ko ba u hve to go na? Eh bkt reply k pa jan?!*

Inis na inis ako habang pinipindot ang send. May ilang minuto kong tinititigan ang conversation namin pero walang dumarating na sagot. Baka nakatulog na o tinamaan dun sa sinabi ko.

Nilagay ko na yung cellphone ko sa bedside table at umayos na ng higa para matulog. Sa hindi ko maintindihan na dahilan, ayaw akong dalawin ng antok.

Umikot ako para umiba ng posisyon at humanap ng mas komportable. Pinikit ko ang mata ko pero ang utak ko, gising na gising. Nagtalakbong na ko ng kumot pero wala pa rin.

Dumapa, tumihaya, tumagilid at nagtambling na ko sa kama pero wala pa rin. Gising pa rin ako!

*Pag-ayaw matulog, inaantok! Kapag gustong matulog, gising!*

Tinignan ko yung cellphone ko at sinilip ang oras. Mas lalu akong nabadtrip ng makita ko kung anung oras na. 2:26AM!

Kingina! Ilang oras ba kaming magka-text ng Gagong yun?! Idagdag pa yung oras na magka-usap----kausap ko sya, kasi hindi naman sya nagsasalita.

Bumalik na naman sa isip ko ang GagongBaliw. Sino ba kasi talaga sya? Gusto ko syang makilala para masampal ko sya. Yung tipong back to back para solid.

Tumunog ang cellphone ko. Kahit nagtataka kinuha ko yun at tinignan. *Speaking of the devil.* Nagtext ang talipandas.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *stop thinking of me. I can't sleep.*

*Ay wow! Ako pa talaga ang pinaghinalaan nya.*

Mabilis ko syang nireplyan.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *tigas ng muka mo! Pnu mo nMn n sv na iniicp kita? KAPAL MO!*

Hayop na yun! Ako nga itong hindi makatulog. Malamang sa hindi iniisip nya ko. Hindi ako nag-a-assume, obvious naman kasi. Bakit ako una nyang itetext ng hindi sya makatulog?

Napatingin ako sa cellphone ko ng tumunog yun. Binasa ko agad ang message ng hayop.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *pnu ko nlman? Co'z ur the only person that i'm talking to mula pa kanina.*

*Ay conyo ang Gago!*

Type naman ako ng sagot sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *don't me! Donnat blaming me!*

Nang-gigil pa kong pindutin yung send. Hindi ko na nagawang icheck yung english ko dahil sa inis ko sa kanya.

Hindi ko na inalis ang cellphone sa pagmumuka ko. Hinihintay ko talaga ang reply ng Barabas na to. Pero dahil matagal mag-reply ang luko, tinext ko ulit sya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *bka nga ikw ang umiicp skin! Hnd aq mktlog!*

Pagkasend ko nun, dumating naman yung reply nya sa naunang text ko.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *hahaha... What's with ur english?*

*Paki mo naman sa english ko?!*

Magrereply na sana ako ulit perod dumating naman ang sagot nya sa huli kong message.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *yes, i am thinking of you. Here in my bed, naked...* 😎😉

Umusok ang ilong ko sa galit. Bwisit tong lalaki na to! Manyakis ang hayop! Nang-gigil akong magtype ng sagot ko sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ulowl! Wg ka ppkita skin, uuwi kng bali-bli ang buto sa ktwan! Bastos ka! Npka-manyak mo! Dpt syo pinuputulan ng anes pra madala! Yng mga ktulad mo dpt ang tinotokhang!*

Marami pa sana akong sasabihin sa kanya pero baka hindi na magkasya kaya pinindot ko na ang send. Nagtype ulit ako ng message para sa kanya pero bigla namang dumating ang reply nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *i'm just kidding. Yes , i'm thinking of you but not like that. I am thinking of you wearing a wedding gown and walking in the red carpet while looking at me very happy.*

Bigla nalang napuno ng pagtataka ang isip ko. Anu bang pinag-sasabi ng lalaking to? Pinapangarap nya bang pakasalan ako? Ang weird tuloy bigla ng pakiramdam ko.

Kunot ang noo ko habang nag-ta-type ng isasagot sa kanya pero nasa kalagitnaan pa lang ako ng dumating ang panibagong message galing sa kanya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *and of course... The honeymoon!*

*Tarantado talaga!*

Sa sobrang inis ko sa kanya naibato ko yung cellphone ko sa kama at tuloy-tuloy na tumalbog yun papunta sa sahig.

Nagpapadyak din ako sa kama sa sobrang inis. Pati si Snorlax na-wrestling ko na din.

**"Manyakis! Manyakis! Manyakis!"** Inis na sabi ko habang sinusuntok-suntok ang mga unan.

Sa kakagalaw ko at kaka-sipa hindi ko namalayan na nasa dulo na pala ako ng kama at bigla nalang akong nalaglag. Una pa ulo ko!

*Makaharap lang talaga kita! Todas ka sakin!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 219

**A/N:** Nag-re-request po si Percy, tigilan na dw po ang kakatawag sa kanya ng "Kuya'ng Blue Eyes", "**Kuya Pogi**" na daw dapat.

Binalik na naman pala ang Slumdunk sa GMA7. Naalala ko bigla si Yuri ng makita ko si Sakuragi. Hehehehe

**Begin Again**

***Jay-jay's POV***

Dumaan ang mga araw na hindi ko namamalayan. Hindi kasi ako lumalabas ng kwarto, nahihiya akong humarap kay Kuya.

Sa mga araw na nag-daan na yon, kausap ko lang si Percy at yung GagongBaliw sa cellphone. Wala silang ibang ginawa kundi ang inisin ako.

*Speaking of cellphone.*

Tumunog yun at ng tignan ko ay tumatawag si Percy sakin. Sinagot ko agad dahil baka may kailangan sya. Hindi pa rin kasi sya lumalabas ng kwarto nya.

**"Hello."** Kaswal na sabi ko.

**["*Jay... Si Felix to.*"]** Tinignan ko sandali yung screen ng phone ko para masiguro na tama ang pangalan ng tumatawag sakin.

**"Bakit? Tsaka bakit ikaw ang may hawak ng phone ni Percy?"**

**["*Kasi... Si Kuya Percy kasi----*"]** Bigla nalang may sumigaw ng '*Hindi ako lalabas!*'. **["*Ayun, baka daw may masalubong siya at ubusin na naman ang kapogian niya.*"]**

*Literal ng nabaliw ang Persing Baliw.*

Napakamot ako ng ulo. **"Sabihin mo, alam ni Honey ang Address nya."**

**["*Sinong Honey?*"]**

**"Yung tropa ni..."** Nag-aalangan akong banggitin ang pangalan nya. **"...nung Hari nyo."**

**["*Si Ryder? Yung pamangkin nung lawyer ni Keifer?!*"]** Medyo gulat na tanung nya.

**"Oo."** Walang buhay kong sagot.

**["*Bakit sya nasali dito?*"]**

Napairap ako. Katamad mag-explain. Nag-aayos pa naman ako ng sarili para maghanda sa pagpasok sa school.

**"Basta! Sabihin mo nalang."**

Hindi sya nagsalita at nakakarinig ako ng kaunting pag-galaw mula sa side nya. Narinig ko ang paglangit-ngit ng pinto.

**["*Hoy! Lumabas ka na... Papasok na ko sa school.*"]** Sabi ni Felix.

Kaharap na siguro nya si Percy.

**["*Ayoko... Dito lang ako.*"]** Sagot ni Percy.

**["*Bahala ka! Alam ni Honey bahay ko.*"]** Sabi ni Felix at nakarinig ulit ako ng paglangit-ngit ng pinto. **["*Jay?*"]** Tawag nya sakin. **["*Sinabi ko na.*"]**

**"Ano reaksyon?"**

Bigla nalang akong nakarinig ng malakas na lagabag ng pinto mula sa side nya. Narinig ko din ang mabibigat na hakbang ng kung sino.

**["*Ihahatid kita!*"]** Boses ni Percy. **["*Uuwi din muna ko sa bahay nila Tito Jasfher*"]**

*Bahay nila Papa?*

Oo nga pala. Dun nga pala sya umuuwi nung una pero nung okay na sila ni Felix bumalik na sya sa bahay nila. Bigla tuloy akong na-curious kung anung itsura ng bahay ni Papa.

**["*Ewan ko sayo...*"]** Bored na sabi ni Felix. **["*Jay, kita nalang tayo sa school. Bye!*"]**

Namatay na yung tawag. Binaba ko muna ang cellphone ko sa kama bago magsuot ng sapatos. Lunes ngayon at balik school na naman kami.

*Kami lang naman yung nawalan ng pasok.*

Ewan ko ba sa trip ng school namin. Kapag may bisita na mukang yayamanin, bigla kaming hindi papasukin.

Nang matapos sa pag-aayos, kinuha ko ulit ang cellphone ko. Dinampot ko rin ang bag ko at lumabas na ng kwarto. Dumiretso ako sa Dining kung saan sila nag-aalmusal.

Pagpasok na pagpasok ko, bigla nalang silang tumahimik na parang may dumaan na Anghel. Wala si Mama dahil sinundan muna nya si Andy'ng epal.

**"G-good morning po."** Bati ko sa kanila.

Ngumiti sakin si Tita Gema at Tito Julz. Nanatiling nakayuko si Kuya Angelo habang kumakain. Si Aries naman inirapan ako.

*Kala mo, mapupuwing ka rin.*

**"Good morning Jay. Papasok ka na agad? Kumain ka muna."** Aya sakin ni Tita pero agad akong umiling.

**"Salamat po... Papa-alam lang po ako. Papasok na po kasi ako."**

**"Magdala ka nalang ng pagkain."** Dagdag pa nya at akmang tatawag ng maid pero pinigilan sya ni Aries.

**"Hayaan nyo sya Ma. Umalis sya kung aalis sya."** Sabi nya ng hindi tumitingin samin.

Napayuko ako pero pinilit kong ngumiti. **"Alis na po ako."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Naglakad na ko palabas ng bahay. Aaminin ko, iba ang dating sakin nga mga sinabi ni Aries. Parang gusto na nya kong umalis.

Paglabas sa gate ng bahay, nanibago ako. Para bang may kulang na hindi ko maintindihan. Nasanay ako na may sumusundo sakin.

*Masanay ka na ulit na wala.*

Naglakad na ko patuloy sa kanto namin. Balak ko sanang mag-abang ng masasakyan pero naalala ko na hindi pa pala ako nag-aalmusal. Dumiretso ako sa Mini mart at bumili ng sandwich.

Habang nakapila sa cashier napatingin ako sa lalaking pumasok. Panu ako hindi mapapatingin sa kanya. Muka syang bagong gising dahil sa magulo nyang buhok tapos kulay pula pa.

Hindi man lang nya ko tinapunan ng tingin at dumiretso sa pagpili ng pagkain.

*Yuri'ng sabog.*

Binayaran ko na ang binili ko at naupo sa bangko sa tabi ng glass wall. Tahimik akong kumakain ng may lumapit sakin at huminto sa harap ko.

**"Hi Miss, pwedeng maki-share ng table?"** Sabi ni Yuri na animong hindi ako kilala.

Wala yata sya sa sarili. Inayos nya ang suot na salamin at ngumiti. Salubong ang kilay kong nag-nod sa kanya. Sya naman tong dali-daling naupo sa katapat kong bangko. Binaba nya ang binili sya sa table na nakapagitan samin.

**"HVIS ka din? Anung year kana? Ako nga pala si Yuri, ikaw?"** Sunod-sunod nyang tanung.

Handa na sana akong murahin sya pero meron akong biglang naalala. Gusto nga pala nyang magsimula ulit kami. By means of simula----simulang simula kung saan hindi pa kami magkakilala.

*Sasakyan kong trip mo.*

**"I don't talk to stranger."** Walang buhay na sabi ko.

Bahagya syang ngumuso. **"Well then, let me introduce myself properly."** Pinunas nya ang kamay sa pants nya sa may hita at nilahad yun sa harap ko. **"I'm Yuri Hanamitchi, 18 years old. I'm Japanese with Filipino blood. Single and ready to mingle. I like color red and I'm not related to Hanamitchi Sakuragi of Slumdunk."**

Tinitigan ko lang sya habang nakangiti sya sakin. Muka syang tanga sa ginagawa nya pero may bahagi ko ang natatawa.

Tinapik ko ang kamay nya. **"I'm not interested."** Sagot ko.

Ibinaba ni Yuri ang kamay pero nakangiti pa rin sya sakin.

**"Nice meeting you *not interested.*"** Sabi nya.

*Ayos... Nasiraan na sya ng bait.*

Ang lakas ng trip nito. Pinanindigan nya talaga yung '*start all over again*' na yan. Goodluck naman kung matagalan nya.

**"Anung trip yan?"** Iritableng tanung ko sa kanya.

**"Hm?"** Sagot nya habang binubuksan ang balot ng binili nyang pagkain. **"Masarap to, gusto mo?"**

Gusto kong sampalin ang sarili ko. Yung ginagawa nya ang tinutukoy ko----yung ginagawa nya ngayon sakin.

**"Baliw."** Bulong ko pero sinadya ko ring iparinig sa kanya.

Ngumiti sya sakin bago kagatan yung binili nyang sandwich. Uminom din sya ng Juice na binili nya. Hinarap nya ko na para bang hinihintay ang magiging reaksyon ko sa pagkain nya.

*Aning-aning...*

**"*Not interested,* anung year ka na?"** Tanung nya sakin.

Mabigat ang bawat pag-nguya ko habang bored na nakatingin sa kanya. Kung tutuusin dapat talaga akong makisakay sa trip nya dahil bahagi yun ng kasunduan namin.

Napabuntong hininga ako at binaba ang kinakain ko sa lamesa. Pinagpag ko din ang kamay ko at bahagyang nilapit sa kanya ang muka ko.

**"Jasper Jean Mariano ang tunay kong pangalan. Jay-jay naman ang nickname ko. 4th year highschool na ko, 17 years old at malapit ng mag-18 sa May. I like *foooood,* because food is life..."** Humahaba pa ang nguso ko sa pagsabi ng foooood. **"...Mahilig akong manapak, manadyak at mag-trashtalk. Sa bawat paghinga ko ay may kadugtong na mura. At ang huli......AYOKO......Ayoko nitong ginagawa natin. Muka tayong tanga!"**

Tahimik lang syang nakatingin sakin na para bang nabigla sa huli kong sinabi. Totoo naman kasi, muka kaming tanga nito. Magkakilala na kami, ilang buwan na. Nag-kiss pa nga eh! Tapos biglang eto kami at nagpapakilala sa isa't-isa.

*Yang Tataa?!*

Bahagyang pumaling ang ulo nya. **"So, hindi *Not Interested* ang tunay mong pangalan?"**

Tuluyan ko ng nasampal ang noo ko. *Bwisit kasi talaga!* Napa-dukdok na rin ako sa lamesa. Bakit ba pinahihirapan ko ang sarili ko ng ganito? Muntik ko ng makalimutan na Section E ang isang to.

*Ulupong din sya....*

Tinaas ko ang ulo at tinuloy ang pagkain ko. Naubos ko na pero sa totoo lang gutom pa rin ako. Napatingin ako sa kinakain ni Yuri. Isang dosenang sandwich yata ang binili nya.

Kailangan kong maka-segway para makadali ng pagkain sa taong to. Kahit dito man lang bumawi sya sakin.

**"B-bakit mo ba ko kinakausap?"** Kuwaring tanong ko habang napapatingin sa sandwich sa harap nya.

**"Gusto ko lang makipag-kilala. You're wearing an HVIS uniform. Hindi naman siguro masama na magkaroon ng bagong kakilala na schoolmate ko din."** Paliwanag nya habang nakatingin sa mga mata ko.

Nag-nod lang ako pero ang totoo nakadali na ko ng isang sandwich habang nagsasalita sya.

**"Sabi mo 4th year ka, anung section ka pala?"** Tanung nya.

Inumpisahan kong lantakan yung na-umit kong sandwich. Nagtitipid lang ako ngayon kaya ayokong bumili ng bumili. Tag-hirap na kasi!

**"Section E."** Sagot ko sa pagitan ng pag-nguya.

Kuwari syang namangha sa sinabi ko. **"Talaga? Ang galing, Section E din ako."**

*Eh?*

Sinakyan ko nalang ang trip nya. Umarte din ako kagaya ng reaksyon nya.

**"Talaga?! Ang galing ano?"** Sabi ko habang inu-umit ulit ang isa pang sandwich malapit sa kanya.

**"Sabay na pala tayong pumasok."** Suggestion nya.

*Makakatipid ako sa pamasahe!*

Buong ngiti akong nag-nod sa kanya. **"Sige!"** Sabay kuha ulit ng sandwich.

Nakangiti pa rin sya sakin. Kumuha sya ng sandwich na binili nya at kumain. Mukang hindi nya napapansin na bawas na ang binili nya.

Habang patuloy sa pagkain, inabot nya sakin ang ilan sa natitirang sandwich sa harap nya.

**"Ubusin mo na..."** Sabi nya. **"...para hindi mo na inu-umit isa-isa."**

Napangiwi ako. Alam pala nya yung ginagawa ko. Pero hindi ako nahiya. Kinuha ko yung mga binigay nya sakin at nilagay sa bag. Pinagpatuloy ko ang pagkain at ganun din sya.

Nang matapos kumain agad nya kong inaya sa kotse nya. Sabay daw kaming pumasok. Muka syang bata na nakakuha ng bagong kaibigan. Tuwang-tuwa, nakangiti at walang paglagyan ang kaligayahan.

Siguro kung ganito sya noong unang beses kaming magkakilala----yung unang-una talaga. Malamang naging magkaibigan kami agad. Malamang din hindi na kami magiging ganito.

*Mukang ewan...*

Pagdating sa school, hinintay ko muna syang makaparada ng maayos bago bumaba. Napapangiwi nalang ako habang nakatingin sa kanya.

Napatingin ako sa ilang istudyante na nakatingin samin at nagbubulungan. Hindi ko alam kung anu pinag-uusapan nila pero mukang seryoso.

**"Anu yun?"** Tanung ni Yuri habang nakatingin sa mga istudyanteng nagkukumpulan malapit sa building namin.

Tumakbo ako palapit don. Pinilit kong makisiksik sa mga istudyanteng nakiki-usisa. Isang malaking tarpaulin ang bumungad sakin. Nakadikit yun sa malaking plywood na pinapatayo ng dalawang poste ng kahoy.

*Notice for Demolition!*

Hindi ko na nagawang basahin ang kabuuan ng notice. Agad akong tumakbo papunta sa room namin. Sakto namang nakita ko si Sir Alvin na hinahabol ang Guidance Councilor namin at ilang mga teacher.

**"Sir!"** Tawag ko pero nilagpasan lang nya ko.

**"Sir Alvin!"** Sigaw ng Councilor sa kay Sir para patigilin sya sa pagsunod sa kanila. **"...Utos na yan ng nakatataas. Wala na tayong magagawa."**

**"Pero Ma'am! Hindi ba pwedeng hintayin nyo munang maka-graduate yung mga bata? Kaunting panahon nalang."** Pakiki-usap ni Sir Alvin.

**"Wala na kong magagawa don. Alam kong alam mo na noon pa gustong ipatanggal ng Board Members ang building na to pero lagi kang kumukontra."** Inayos nya ang dalang libro. **"...at ngayong wala na si Mr. Fernandez para suportahan ka, wala ng pipigil sa gusto ng buong Members."**

*Mr. Fernandez? Si Kuya Angelo yun. Panung wala na? Hindi ko maintindihan.*

**"Pero Ma'am... Nakikita nyo naman! Matino ang building na to. Matibay ang pagkaka-gawa dito. Kaya bakit nyo pa ipapa-demolish?!"** Iritableng tanung si Sir.

Bahagya tumawa ang Guidance Councilor na kina-inis ko. Wala naman kasing nakakatawa. Totoo ang sinasabi ni Sir. Kahit kupas ang pintura at puro alikabok at agiw, halatang matitibay ang pader nito.

**"Matibay nga pero tignan mo nga ang paligid. Nagmumukang tambakan ng basura! Puro vandalism ang pader! At ang mga istudyante? Parang hindi naman mag-aaral!"** Dinuro ni Ma'am si Sir.

**"...Kung ako masusunod, pati mga Section E na yan, ipapatanggal ko! Kaya lang naman sila andito dahil may backer sila o kaya maipluwensya ang pamilya. Pero dinudumihan nila ang paaralan na to dahil sa mga pag-uugali nila!"**

Huminga ng malalim si Sir at pilit pinipigilan ang galit. **"Hindi naman ang Section E ang dahilan kung bakit ganito ang building na to. Kayo ang nag-utos na dito itambak ang mga sirang lamesa, silya, aparador pati mga lumang libro. Ibang mag-aaral ang dumumi nito hindi sila."** Sinuklay ni Sir ang buhok gamit ang kamay. **"...bakit nyo ba pinag-iinitan ang buong Section E?!"**

Nagsalubong ang kilay ni Ma'am. **"Bakit panay ang pagtatanggol mo sa Section na yan?!"** Tinignan nya mula ulo hangang paa si Sir. **"...sabagay anung aasahan namin sayo? Yan din ang pinanggalingan mong Section."**

Tumalikod si Ma'am at naglakad na paalis kasunod ng ibang teacher. Naiwan si Sir na maka-ilang ulit na nahilamos ang muka. Nakaramdam ako ng presensya ng tao sa likod ko kaya nilingon ko.

*Ang Section E maliban sa Hari nila.*

**"Panu na tayo nyan?"** Malungkot na tanung ni Ci-N.

**"Basta ba maaga tayong ga-graduate, okay lang sakin."** Sabi ni Eren pero naka-kuha agad sya ng batok galing kay Calix.

Napatingin ako kay Yuri ng mapansin kong seryosong-seryoso sya. Naglakad sya palapit kay Sir.

**"Akala ko po si Angelo ang humaharang sa mga Board Member. Bakit ngayon parang wala syang nagawa?"** Tanung ni Yuri.

Umiling si Sir. **"Hindi sya dumating nung huling meeting. Napag-alaman din namin yung problema sa Company nila."**

Si Kuya pala ang katulong ni Sir Alvin na pigilan ang Demolition ng building na to. Pero anung connect nung sa company nila. Anu ngayon kung may problema?

Malungkot na humarap samin si Sir pero pinilit nyang ngumiti. **"Bumalik na kayo sa room nyo. May tatawagan lang ako."**

Sunod-sunod na naglakad ang mga Ulupong. Hinawakan naman ako ni Yuri sa braso at bahagyang hinila pabalik ng room. Pero ang paningin ay nakay Sir Alvin pa rin.

*Kung i-de-demolish na tong building, saan na kami mag-room? Panu yung mga picture sa taas?*

Tahimik ang lahat pagpasok. Kahit si Ci-N walang sigla pag-upo ko sa tabi nya. Ang pangit nga naman kasi ng balita. Lunes na lunes pa naman din.

**"Dating Section E si Sir Alvin."** Sabi ni Drew kaya napalingon kami sa kanya. **"...Nakita ko sya sa mga picture dyan sa taas. Nakita ko din yung picture na yon kay Tiger at sa table nya sa faculty room."**

Oo nga pala. Magkakilala nga pala sila ni Kuya Angelo. Kaya siguro ganun nalang din ang pagtutol nya sa demolition. Mahalaga din para sa kanya ang lahat ng meron dito.

**"Kainis! Kung kailan kailangan natin si Keifer tsaka naman mawawala!"** Inis na sabi ni Edrix.

*Si Keifer mawawala?! Mag-ce-celebrate na ba ko?!*

**"Bakit mawawala si Keifer?"** Malungkot na tanung ni Ci.

**"Oo nga, wala naman sya sinabi samin."** Dagdag ni Mayo.

Padabog na naupo si Edrix at pinatong ang paa sa table. **"Nag-submit sya ng letter sa school committee. Isang buwan syang mawawala."**

*Isang buwan?!*

'*I'm giving you space.*'

Naalala ko na naman yung sinabi nya sakin. Eto ba yung space na binibigay nya? One month? Panu yung birthday nya? Panu yung pag-aaral nya?

Napatingin ako sa pwesto nya sa likod at nahagip ng paningin si Yuri na titig na titig sakin. Ngumiti naman sya ng mapansin nyang nakatingin ako sa kanya.

**"Anu namang gagawin nya at isang buwan syang mawawala?"** Tanung ni David.

**"Naghahanda."** Bored na sagot ni Rory. **"...sa 29 na ang birthday nya. Inililipat na sa pangalan nya lahat ng karapatan nya sa mana na iniwan ng Lolo't Lola nya."**

Kaya pala 1 month. Sinabay lang talaga nya yung space-space na yan. Ayos din ang Gagong yun.

**"Pero baka hindi na bumalik yun."** Sabi ni Blaster. **"...Babalik ka pa ba sa basurang school na to kung may Bilyon-bilyon ka naman?"**

Napansin ako ang pagtingin sakin ng iba sa kanila. Tumalikod ako sa kanila at nagpanga-lumbaba. Ayokong ipakita sa kanila na apektado ako nung sinabi ni Blaster.

*Kahit totoo naman!*

May kirot sa dibdib ko habang iniisip na baka nga hindi na talaga sya bumalik. May Bilyon ka na! Aanhin mo pa ang basura. Kaya na nyang bumili ng paaralan, kaklase at babaeng mamahalin sya. Sobra-sobra pa yung perang meron sya.

**"Babalik si Keifer."** Bulong ni Ci-N habang nakatingin sakin. **"...alam ko babalik sya."**

Ginulo ko ang buhok nya at ngumiti sa kanya. **"Pwede ring kahit hindi na."** Kuwaring biro ko.

Sumibangot naman sya habang pilit inaayos ang buhok. Naguhuluhan talaga ako sa inaasta nya. Sobrang gulo nya. Kaya ayokong maniwala sa kanya kasi ang gulo nya.

Sana lang pagbalik nya, ayusin nya lahat ng gulong iniwan nya. Sana rin bumalik sya hangat maaga dahil sa tindi ng gulong iniwan nya. Baka wala na syang balikan.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 220

## No longer the King

***Jay-jay's POV***

Kanina ko pa pinag-ma-masdan ang malaking sign ng '*Notice for Demolition*'. Likod lang ang nakikita ko pero sapat na yon.

Kasalukuyan akong nasa second floor. Kumakain ng pananghalian at pinapanood tong dalawa dito na nag-aaway.

**"Umalis ka dito! Pipitikin kita!"** Inis na sabi ni Percy.

**"Dukutin ko mata mo!"** Banta ni Ci-N.

Sumunod kasi sakin si Ci-N dito. Akala nya kasi sasama na ko sa kanya na kumain ng luto ni Eman. Tumanggi ako at dumiretso sa second.

**"Penge ako nito!"** Buong galak na sabi ni Ci at kumuha ng pizza.

**"Tigas ng muka mo! Hindi para sayo yan!"** Inis na sabi ni Percy habang pilit inaagaw ang kinuha nya.

Kanina pa sila ganyan buhat magkita. Dapat pala talaga hindi ko sila pagsamahin. Ang ingay-ingay at ang gulo-gulo. Para akong may alaga na dalawang makulit na bata.

*Instant Baby Sitter lang ang peg.*

**"Tapos ka na ba kumain?"** Tanung sakin ni Percy ng mapansing hindi ko na ginagalaw ang pagkain sa harap ko.

**"Ayoko na."** Sagot ko at inabot kay Ci-N ang natitira pagkain ko.

Buong galak naman nya yung tinanggap. Seryoso akong pinagmasdan ni Percy para bang kinukumpirma nya kung may iniisip akong problema.

**"Yung Demolition Notice ba ang pino-problema mo?"** Tanung nya.

Tumingin sakin si Ci sandali bago ituloy ang pagkain. Nag-nod naman ako kay Percy bilang pagsagot.

Ang totoo, hindi lang yun ang iniisip ko. Kahit kasi anung pagkukumbinsi sa sarili ko na hindi na dapat ako maniwala at umasa sa Pesteng Hari ng mga Ulupong na yon, walang nangyayari. Kusa akong umaasa kahit hindi naman dapat.

Ang masakit pa nito, malaking bahagi ko ang pinanghahawakan ang sinabi nya na babalik sya matapos akong bigyan ng space.

*Pero mukang sumakay na sya sa sarili nyang spaceship palayo sakin at hindi na babalik pa.*

**"Wag mo isipin yun. Mahal ka non."** Wala sa sariling sabi ni Ci habang patuloy sa pagkain.

Napangiwi si Percy sa kanya. Kung hindi lang ako sanay sa ugali nya malamang nabatukan ko na sya ng ma-tindi-tindi.

**"Ganto ba talaga to?"** Tanung ni Percy habang tinuturo si Ci-N gamit ang daliri nya. **"...Patay gutom na nga, nagsasalita pa mag-isa."**

Nag-nod ako. **"Nanga-ngagat din yan."**

Pagkasabi ko non, awtomatikong lumapit si Ci sa daliri ni Percy na nakaturo sa kanya. Kinagat nya ng buong lakas at agad namang nataranta tong isa.

**"Aray! Aray! Aray!"** Sigaw nya at pilit tinutulak ang ulo ni Ci-N palayo sa kanya. **"...Jay! Patigilin mo to!"**

*Ayoko nga! Haha*

Nag-sisimula na kong matawa sa itsura nila. Nahawa na ata itong si Ci ng rabis dun sa pusang tinawag nyang Edy. Pati ugaling panga-ngagat nakuha nya din.

Nagsisimula ng maiyak si Percy sa sakit kaya inawat ko na.

**"Ci... Bitaw na."** Bored kong sabi at bumitaw naman sya.

Hinarap ulit nya ang pagkain at bumalik sa paglantak. Si Percy naman ay himas-himas ang daliring halos mangitim na dahil sa kagat. Nangingilid pa ang luha nya habang nakatingin ng masama kay Ci.

*Patay malisya naman itong isa.*

Sandaling nawala ang pangamba ko dahil sa dalawa na to. Pero bumabalik talaga at naglalaro sa isip ko yung mga sinabi ni Blaster kanina. Baka hindi na talaga nya kami balikan.

Posible yun. Siguro mas mabuti kung tanggapin ko nalang na ganun nga para hindi na ko umasa pa. Para hindi na ganun kasakit kapag dumating na ang araw na yon.

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at isang text message ang dumating galing na naman syempre sa textmate kong araw-araw atang sabog.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *eat well... Ptba ka, para mlamn.*

Gusto kong isipin na concern sya. Pero dahil aminado syang Ulupong din sya. Alam ko iba ang tinutukoy nya sa salitang malaman.

Hindi ko nalang sya pinansin at tumingin nalang sa kung saan. Nahagip ng paningin ko ang mga student na nagtatakbuhan. Para bang meron ulit silang inu-usisa.

Tumayo ako at sinilip na pilit yon. Pati sila Percy at Ci-N nakitingin na rin.

**"Nagkakagulo yata sila."** Sabi ni Percy.

**"Ay hindi! Hindi sila nagkaka-gulo. Normal lang yan, normal."** Pamimilosopo ni Ci.

Handa na sanang magpalitan ng ma-a-anghang na salita ang dalawa kundi lang dahil sa tumawag sa pangalan ko mula sa baba.

**"JAY-JAY!"** Sigaw ng kung sino.

Lumapit ako sa hagdan para bumaba pero doon pa lang nakita ko na kung sinong tumatawag sakin. Sinalubong ako ni Eren.

**"Jay! Yung pinsan mo!"** Bungad nya sakin.

Hindi ko na hinintay ang susunod nyang sasabihin. Agad akong tumakbo papunta sa main building. Kumupulan ang mga istudyanteng halatang nakiki-usi lang naman.

Halos itulak ko na lahat ng nakaharang sa daan ko makalapit lang sa gitna. Pero hindi pa man din ako nakakalapit ng husto, nakita ko na agad ang nangyayari.

*Yung Horoscope!*

Pinagtutulungan ng mga Section A at D si Aries. Pinangungunahan sila ni Mykel na kaibigan ni Kiko at Aries. Pero hindi ko maintindihan ang nangyayari.

Nakita ko si Ella na umiiyak habang yakap-yakap ni Mica. Si Freya naman parang nanonood lang ng boring na palabas. Tinitignan pa nya ang kuko nya at magbubuntong hininga.

**"Anu na! Aries the great... Asan na tapang mo?"** Dinig kong sabi nung Mykel. **"...Magka-pangalan pa naman tayo tapos ganyan ka."**

Nagtawanan ang mga kasama nya. Hawak-hawak ng Section D si Aries. Nakangiti namang nanood ang mga Section A.

Hindi naman sila magkapangalan. Michael Aries yung pinsan----este kapatid ko.

*Mykel naman sya.... Mykeliling!*

Hindi ko makita ng maayos ang pagmumuka ni Aries dahil nakagilid sya sakin. Pero may nakikita akong dugo sa ibang parte ng muka at uniform nya.

Lalapit na sana ako sa kanila para makialam pero may kamay na humawak sa braso ko. Nang tignan ko yun, nag-alalang nakatingin sakin si Yuri.

**"Wag ka munang kumilos... Baka lalung mapahamak si Aries."** Bulong nya sakin.

Totoo yung sinabi nya. Dalawang Section sila ngayon na andito at pinag-tutulungan sya. Kung basta-basta nalang akong kikilos baka kung anung gawin nila.

Napalitan akong manood nalang din sa ginagawa nila. Saradong sarado ang kamao ko at nag-iinit yun na tumama sa muka ng kung sino.

*Suntukin ko kaya tong kaharap ko?*

**"Kawawa naman si Aries."** Sabi ng isang babae malapit samin.

**"Naku Jelaii! Naawa ka dyan eh sinungitan ka dati nyan!"** Sabi nung katabi nya.

*Ang ingay nila! Gusto ko sila sungalngalin!*

Bahagya akong naharangan ng dalawang istudyante. Napilitan akong umiba ng pwesto para makita ng maayos si Aries. Sakto naman na medyo nakaharap na ko sa kanya.

**"Babe! Kawawa naman si Aries."** Sabi nung isang babae sa harap ko na naka-angkla sa braso ng boyfriend nya ata.

*Wew... May gulo na nga naglalampungan pa!*

**"Hoy Rhona Camille! May gusto ka ba dyan kay Aries na yan?!"** Inis na sabi nung lalaki.

Sumibangot naman agad itong babae. **"Hoy! Sebastian Estebe! Wag mo kong pinag-dududahan ah!"**

Napakamot ako sa ulo sa sobrang inis. Langya naman oh! Dito pa talaga sila nag-away sa harap ko. Mga tao talaga ngayon. Kapag wala lablyf, iyak-iyak forever alone daw. Kapag meron inaaway naman.

*Ibang klase...*

Napilitan akong bumalik sa pwesto ko kanina. Tumabi ako kila Yuri at tinignan ulit sila Mykel. Napatakip ako sa bibig ko ng bigla nyang sikmuraan si Aries. Napaluhod na sya habang hawak ng dalawang taga-Section D.

**"Yuri! Gumawa na tayo ng paraan."** Pakiki-usap ko.

Panibagong suntok at sipa ang binigay nila kay Aries. Umubo na sya ng dugo sa bibig at parang babagsak na ang talukap ng mata.

Hindi na ko makatiis. Lalapit na sana ko sa kanila para suntukin sa muka si Mykel pero hindi ko na naituloy dahil.....Percy?

*Nasa gitna si Percy habang nangungulangot.*

**"Umaano si Kuya dyan?!"** Gulat na tanung ni Felix.

Kahit ako nagulat din. Muka kasi syang walang alam sa nangyayari habang nanunuod sa nag-aaway. Dahil sa nakagitna sya napalitan silang tumigil at pinag-masdan sya ng lahat.

**"Hoy! Umalis ka nga dito! Istorbo ka!"** Sabi ni Mykel sa kanya.

**"Hindi ko makita ng maayos yung ginagawa nyo don. Dito nalang ako."** Sabi nya na parang nanood lang ng palabas. **"...Sino ba yang binabanatan nyo?"**

*Anak nang.... Ang tindi!*

**"Pamilyar ka sakin. Sino ka ba?!"** Iritableng tanung ni Mykel sa kanya.

Ngumiti ang Percy na akala mo nasa commercial ng isang toothpaste. **"Ganun talaga kapag gwapo. Nagmumukang pamilyar sa lahat."**

**"Ayos sa kakapalan ng muka."** Bulong ko.

Bahagyang tumaas ang ulo ni Aries at tinignan ang kaharap. Nangunot ng bahagya ang noo nya.

**"P-percy? A-anung.... Anung g-ginagawa mo d-dito?"** Halos pabulong na tanung nya.

Naghimas ng batok ang Percy. **"Nag-deliver."**

*Tsk! Nagdeliver ng pagkain para sakin.*

Pinagmasdan ng mabuti ni Mykel si Percy at parang nakilala na nya ito. Tumingin pa sya kay Freya sandali at binalik ulit ang tingin sa kaharap.

**"Ikaw yung boyfriend ni Freya! Pero patay ka na! Panung----."**

**"Correction!"** Malakas na sabi ni Freya. **"...EX-Boyfriend."**

Bigla nalang humawak si Percy sa dibdib nya at parang nasaktan sa hindi malaman na dahilan. Napaluhod pa sya habang nakatingin kay Freya.

*O.A. nito!*

**"Tsakit! Aray! Tsakit!"** Sabi pa nya. **"...Ni-patay ako ni Freya."**

Bigla nalang syang nahiga sa sahig na parang nawalan ng malay. Lalapit na sana ako sa kanya para paalisin sya dahil agaw eksena sya pero naunahan ako ni Ci-N. Hinawakan nya ang pulso nito at tumingin kuwari sa kamay nya na wala namang relo.

**"Time of death: Alas balat bago mag alas buto. Cause of death: Broken Hearted dahil kay Freya."** Sabi ni Ci-N at tinakpan ng panyo ang muka ni Percy.

Halos sabay-sabay kami ng buong Section E na nasampal ang mga sariling noo. Napairap nalang si Freya habang napapailing tapos ay nag-walk out.

*Mamaya lang ganyan na rin ang gagawin ko. Kapag hindi umayos ang isang to.*

**"What the hell! Anu bang ginagawa nyo?! At ikaw!"** Turo ni Mykel kay Ci-N. **"...Umalis ka dito! Pipitikin kita!"**

**"Eh anu naman sakin?!"** Mapang-inis na sagot nya at nagtatakbo palapit samin.

*Parang linya ko yun ah?*

Tumayo na si Percy mula sa pagkakahiga tapos ay nagpagpag. Ginamit nya pa yung panyo ni Ci-N pamunas.

**"Luko ka... Pinatay mo ko agad."** Sabi ni Percy kay Ci.

**"Hoy! Wala akong paki kung saang impyerno ka galing! Umalis ka na dito! Dapat nanatili ka nalang sa kabaong!"** Galit na sabi ni Mykel.

**"Ayoko nga don!"** Protesta ni Percy sa kanya. **"...ikaw nalang kung gusto mo."**

Halatang napipikon na si Mykel sa kanya. Pati mga Section A at D naiirita na rin sa ginagawa ni Percy.

Ngumiti ng malawak si Percy sa kanya. **"Gusto mo sama kita sa impyernong pinang-galingan ko?"**

Napikon na ng tuluyan si Mykel sa kanya. Sinung-gaban kagad sya nito ng suntok pero iniwasan lang nya. Natawa pa sya ng makita akong nakatingin sa kanya.

Hinarap nya si Aries. **"Hinayaan mong pabagsakin ka ng mahinang to?"**

Hindi na nagawang makasagot ni Aries. Binitawan sya ng mga Section D at tuloy-tuloy na bumagsak sa sahig. Kinuha ni Ella at Mica ang pagkakataon para lapitan at tulungan sya.

**"Mayabang ka!"** Sabi ng isang taga-section D at sinugod si Percy.

Effortless naman nyang sinalo ang suntok nito at tinulak na parang bata. Naging seryoso ang muka nya ng makitang marami ang nakapaligid sa kanya.

**"Ayoko sana pumatol sa mas bata sakin."** Nagbuntong hininga sya. **"...no choice."**

Batang wala lang sa kanya ng banatan nya ng suntok ang unang lumapit sa kanya. Hindi rin sya pinagpawisan sa sumunod at parang na-bored lang sya ng suntukin ang kasunod pa.

Nagsisigawan ang mga kababaihan dahil sa takot. Yung mga lalaki naman panay ang pag-cheer sa kung sinong bet nila.

Napatingin ako kay Mykel ng umikot sya sa bandang likod ni Percy na may hawak na baseball bat. Napatakbo ako ng makita kong ihahampas yon sa kanya. Saktong paglapit ko ay may paa.....paa?

Oo! May paa na sumipa sa muka ni Mykel. Nag-flying kick si Ci-N para patamaan ang luko. Tuwang tuwa naman ang Batang Kumag.

**"Yes! Matagal ko ng gustong gawin yan! Lagot nga lang ako kay Kuya."** Sabi nya habang nakataas ang dalawang kamay.

*Baliw! Lakas ng tama nya.*

Ang alam ko magka-tropa si Mykel at ang Kuya nya. Kaya alam na alam na nung Kuya ni Ci yung mga kalokohan nya.

Nawala sa isip ko na lumapit ako kay Percy. Napagitnaan tuloy ako ng mga susugod kay Percy. Aalis na sana ako pero mukang hindi na kailangan.

Naglapitan na sila Felix para tulungan kami.

Dahil nga nasa gitna ako. Walang choice kundi makisali sa nangyayaring gulo.

**"Umalis ka nga dito! Wag ka makisali sa gulo!"** Sita sakin ni Percy.

Hindi ko sya pinansin. Sinipa ko nalang sa muka yung Section D na pasugod sakin. May ilan-ilan din akong sinuntok sa muka.

Napatingin ako kila Ella ng mapansin kong hindi sila umaalis sa kinalalagyan nila kahit nagkakagulo. Tumakbo ako palapit sa kanila.

**"Bakit hindi pa kayo umaalis dito?!"** Tarantang tanong ko.

**"Obvious ba! Nahihirapan kaming alalayan si Aries!"** Inis na sabi ni Ella.

*Kukutusan ko to! Ginagalit ako!*

Sinubukan kong itayo si Aries. Tumulong sila sakin at halos maubos ang hininga namin dahil sa bigat nya.

**"Sa clinic tayo!"** Sabi ko pero bigla nalang huminto si Ella.

**"Hindi sya tatanggapin don."** Sabi nya.

Taka ko syang tinignan at si Mica pero pareho silang seryoso ang tingin sakin. Bakit hindi tatanggapin don?

Napapikit ako ng mariin. **"Tsk! Sa Room nalang namin!"**

Nag-nod naman sila pareho kaya pinagtulungan naming dalhin sya sa room. Daig pa namin nagbuhat ng sampong sako ng bigas dahil sa bigat nya.

Wala man lang nagmalasakit na tulungan kami. Pagdating sa room namin, binitiwan ko sya at dali-daling naghanap ng pwedeng isapin para maihiga namin sya sa sahig.

Yung apron nalang ni Eman yung nahanap ko. Nilatag ko yun at inalalayan ko si Aries na mahiga. Paga ang muka sa sugat at pasa. May malay sya pero hirap na hirap syang kumilos.

**"W-wala ba kayong first aid kit dito?"** Naiiyak na tanung ni Ella habang pinupunasan ng panyo ang muka ni Aries.

*Shit! Hindi ko alam...*

Napailing nalang ako. Sa clinic o ospital talaga dapat dalhin tong si Aries. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi kami pwede sa clinic.

Kahit tong mga nangyayari hindi ko din maintindihan. Tinignan ko si Mica na nag-aalala din sa itsura ni Aries.

**"Anu bang nangyayari? Bakit ganito yung ginawa nila kay Aries? Akala ko ba magka-kaibigan sila?"** Tanung ko sa kanilang dalawa.

Tinignan nila ko pareho at parang nag-aalangan kung sasabihin ba nila o hindi. Hinawakan ni Mica si Ella sa kamay. Para bang sinasabi nya na ayos lang sabihin sakin.

**"T-they put Aries down from his throne."** Naiiyak na sabi nya. **"...Sabi n-nila, bagsak na si Angelo kaya ganun na rin sya."**

Napa-tanga nalang ako sa mga sinabi ni Ella. Bakit kailangang madamay si Aries sa nangyayari kay Kuya? Oo pabagsak na yung company nila pero hindi ibig sabihin nun ay pati mismo sila.

*Mga anak sila ng tipaklong...*

**"Mataas ang tingin nila kay Aries dahil nakadikit sa kanya ang pangalan ni Angelo. Ginawa syang Hari sa school na to pero ngayong wala na si Angelo parang wala na rin ang lahat kay Aries."** Dagdag pa ni Ella at umiyak.

Napaupo nalang ako sa sahig. Pakiramdam ko kasalanan ko lahat. Dahil sa kagustuhan kong makaligtas sa kasal na yan, kinailangan kong isakripisyo yung kumpanya nila Kuya. At ngayon pati buhay na kinasanayan nila, mawawala na rin sila.

*Eto na yong kabayaran sa pagiging makasarili ko.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 221

**The real King**

***Jay-jay's POV***

**"Eto first aid kit."** Sabi ni Eman habang inaabot ang isang pulang pouch kay Ella.

**"S-salamat."** Sabi ni Ella habang tinatanggap ang pouch.

Binuksan nya yun at kinuha ang bulak at alcohol. Inumpisahan nyang dampian ang muka ni Aries.

Muka akong ewan na nanood sa kanila. Gusto kong tawagan si Tita o kaya si Kuya pero natatakot ako sa sasabihin nila. Alam ko kasi na ako ang may kasalanan nito.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci-N habang nauupo sa tabi ko. **"...bakit andito sila?"**

Tinignan ko sya. **"Hindi daw kasi sila tatanggapin sa clinic kaya dito ko nalang sila dinala."**

**"Baka magalit si Keifer."** Bulong nya sakin.

**"Wala naman yung Kumag na yon dito."**

Niyakap ko ang tuhod ko at dumukdok. Hindi ko alam ang gagawin. Nahihiya ako kila Kuya dahil sa nangyaring to. Unti-unting nawawala ang ang lahat sa kanila ng dahil sakin.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ng Mica kaya naman tinignan ko sya.

Umupo sya sa tabi ko at inalok sakin ang hawak na bottled water. Umiling ako at muling dumukdok sa tuhod ko. Hindi pa rin nagkakamalay si Aries.

*Walang Horoscope for today!*

**"Sa tingin ko kailangan na nating dalhin sa ospital to."** Sabi ni Kit habang nakatingin kay Aries at Ella.

Tinignan ko si Ella na nakatingin din pala sakin. Para bang hinihintay nya ang pagsang-ayon ko. Gusto kong umo-o dahil yun ang kailangan ni Aries pero may bahagi ko ang natatakot. Magagalit sakin si Kuya.

**"A-anu... Sa t-tingin ko----."** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa unti-unting pagtaas ng kamay ni Aries.

Halos pagapang akong lumapit sa kanya. Meron syang binubulong na hindi namin maintindihan. Hinawakan ni Ella ang kamay nya at halos sabay kaming yumuko para marinig sya ng maayos.

**"S-si Jay-jay... W-wag..."** Sabi nya at huminga ng malalim. **"...p-palapitin... M-m-mykel."**

Nagkatinginan kami ni Ella. Ayaw nya kong palapitin kay Mykel. Hindi ko alam ang dahilan pero wala akong balak sundin sya. Hindi pa sapat yung ginawa ni Ci-N sa kanya kanina. Dapat makaganti ako sa kanya.

Bigla nalang lumalim ang paghinga nya. Nataranta si Ella at hindi malaman ang gagawin. Pati ako kinabahan sa pagtaas at baba ng dibdib nya.

*Shit! May sakit nga pala si Aries....sa utak----ay sa baga!*

**"Dalin na natin sya sa ospital!"** Umiiyak na sabi ni Ella.

**"Sa kotse ko! Ngayon na!"** Sigaw ni Yuri at agad na binuhat nila Felix at Eren si Aries.

Sumunod naman kami agad sa kanila. Buti nalang at nay klase na kaya walang masyadong istudyante sa daan. Pagdating sa parking, sinakay agad nila si Aries sa backseat ng kotse kasama si Ella.

Sa passenger naman ako sa tabi ni Yuri na syang driver. Agad nyang pina-andar ang makina ng sasakyan. Panay ang iyak ni Ella habang pilit kinakausap si Aries.

Pati ako parang malapit na ring maiyak dahil sa itsura ng kapatid ko. Malalim ang bawat paghinga, puro dugo, sugat at pasa. Oo magkagalit kami pero hindi ko naman itatanggi na nag-aalala pa rin ako.

**"Aries! Malapit na tayo sa ospital!"** Umiiyak na sabi ni Ella.

**"Hold on Dude! Malapit na tayo!"** Sabi ni Yuri at napatingin ako sa kanya.

Dun ko lang napansin na parang nag-aalala din sya. Ngayon ko lang sya nakitang nag-alala para kay Aries.

Nakarating kami sa ospital. Si Yuri ang nagbuhat kay Aries para ipasok sa emergency room. Dumating ang mga Doctor at Nurse para asikasuhin sya.

**"Dun muna kayo... Kami na po bahala sa pasyente."** Sabi ng isa sa nurse at sinara ang kurtina sa harap namin.

Napilitan kaming tumabi at pumwesto sa waiting area nila. Umalis si Yuri sandali para ilipat ang kotse sa parking area ng ospital. Habang naghihintay kami napatingin ako sa entrance at nakita ko si Percy.

Tumayo ako at bahagyang tinaas ang kamay ko para makita nya ko. Hindi naman ako nabigo dahil agad syang lumapit samin na puno ng pag-aalala.

**"Kamusta si Aries?"** Bungad sakin.

**"Nasa loob, inaasikaso nila."** Halos pabulong kong sabi.

Tinignan nya sandali si Ella bago ako harapin ulit.

**"Tinawagan mo na ba si Angelo?"**

Mabilis akong umiling. Natatakot ako sa sasabihin nya. Baka sisihin nya ko sa nangyari. Hindi pa ko handa na makita kung panu sya magalit.

**"...anu kaba? Kailangan malaman to ng pamilya nyo."** Nag-aalalang sabi ni Percy.

**"N-natatakot akong h-harapin sila."** Bulong ko sa kanya.

Ayoko kasing iparinig kay Ella. Alam kong alam nya ang nangyari sa engagement ko at ni Yuri. Baka sisihin din nya ko at ayokong magsimula ng gulo dito sa ospital.

Nagbuntong hininga sya ng ilang beses at napahawak sa sintido. Napatingin ako sa leeg nya, may ilang galos at marka kasi don na malamang nakuha din nya sa pakikipag-away kanina.

**"Bumalik ka na sa school nyo. Ako nalang tatawag kila Angelo."** Sabi nya nilabas ang cellphone mula sa bulsa.

**"T-teka lang... G-gusto kong malaman l-lagay ni Aries."** Nanginginig ang boses ko at parang malapit na ko maiyak.

**"Tatawagan nalang kita. Bumalik ka na sa school."**

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Gusto ko mag-stay dito. Gusto kong masiguro na magiging okay din si Aries.

Nag-dial ng number si Percy sa cellphone. Napaatras ako palayo sa kanya. Ayokong harapin si Kuya, natatakot ako.

*Magiging si Hulk yun.*

Tinignan ko si Ella na nakayuko at patuloy pa rin sa pag-iyak. Nag-umpisa ng manlabo yung paningin ko at lumalim ang paghinga ko.

Tumalikod ako sa kanila ng hindi nagpapa-alam. Malalaki ang bawat hakbang ko makalayo lang sa kanila. Hindi ko na magawang mag-sorry sa mga nabubunggo ko. Hindi ko na rin magawang tignan kung sinong masasalubong ko.

Hangang sa tumama ako sa katawan ng kung sino. Sa halip na lumayo sakin at magalit bigla nalang umikot ang mga bisig nya sa katawan ko. Gulat akon napatingin sa kanya.

*Si Yuri...*

**"What happened? Why are you crying?"** Nag-aalalang tanung nya.

Sa halip na magsalita tanging paghikbi lang ang naisagot ko. Kusa na ring yumakap ang mga braso ko sa kanya.

**"K-kasalanan kong l-lahat to."** Sabi ko sa pagitan ng pag-iyak ko.

Wala na kong paki kung nasa opsital pa rin kami. Wala din akong paki kung pagtinginan kami ng mga tao. Mga abnormal sila kung feeling nila sa tele-drama kami.

*Masama ba umiyak sa public?!*

**"Sshhh... Wag kang mag-isip ng ganyan."** Sabi nya at hinayaan akong sumiksik sa leeg nya.

Naipikit ko ang mga mata ko. Bakit kasi ang bait sakin ng taong to?! Gusto ata nyang maging Santo, nagpapaka-martyr. Sa lahat ng sinaktan sya yung literal na okay lang.

*Tangina sa kabaitan! Magbahagi ka!*

Unti-unti akong tumigil sa pagiyak. Hindi na ko nagsalita pa hangang sa ayain nya kong lumabas. Balak sana nya kong ayaing kumain pero agad kong nilinaw na kailangan na naming bumalik ng school.

Pumayag sya at pinaandar nya ang kotse patuloy sa school. Nagkakagulo pa rin ang mga istudyante kahit tapos na ang eksena kanina. Panay ang tsismisan nila pagdating namin.

"*Kawawa si Aries no?*"

"*Yabang kaya non! Bagay lang sa kanya yun!*"

"*Kala mo kung sino mahina naman pala.*"

Nagkuyom ang kamao ko at tinignan sila ng masama. Nang mapansin naman nilang nakatingin ako sa kanila. Matalim na irap ang ibinigay nila.

Naramdam ko ang kamay ni Yuri na humawak sa balikat ko. Tinignan ko sya.

**"Wag mo na silang intindihin."** Sabi nya.

Nag-nod ako at naglakad papunta sa building namin. Malapit na kami sa room ng mapansin ko ang mga Ulupong at ibang mga istudyante na parang nagkakagulo.

*Malas yata talaga ang araw na to!*

Napatakbo si Yuri kaya ganun na rin ang ginawa ko. Paglapit namin nagsusuntukan si Calix at Mykel. Si Mica naman ay pinalilibutan nila David, Eren, Kit at Drew.

**"Sige pa! Pabagsakin mo!"** Sigaw ng kasama ni Mykel na mukang Section D.

Duguan ang muka ni Calix pero ayaw pa rin nyang tumigil sa kakasuntok at kakasipa.

**"Tama na!"** Umiiyak na sigaw ni Mica. **"...Tigilan nyo na si Calix!"**

Halos sabay kami ni Yuri na pumagitna sa kanila. Sinuntok ko sa muka si Mykel at napaupo sya sa sahig. Galit na galit ang mga tingin nya sakin.

Na-alarma ang mga kasama nya at tangkang susugod pero agad na pumagitna si Yuri.

**"STOP!"** Buong-buong sigaw nya.

Nakipag-palitan ng titig ang mga luko samin. Unti-unting tumayo si Mykel habang pinupunasan ang gilid ng labi.

**"Mykel... Why are you here?"** Mahinahong tanung ni Yuri.

Bahagyang tumawa si Mykel. **"Sinusundo ko lang si Mica."**

**"Sinungaling!"** Sigaw ni Calix. **"...Tinangka mo syang halikan at pinipilit mo syang sumama sayo!"**

Tinignan ko si Mica na nakatago pa rin sa likod ng mga Ulupong. Halata ang takot sa kanya. Hindi ko na kailangan pang kumpirmahin ang ginawa ni Mykel.

*Sa ugali nyang nyan. Mykeliling nga sya!*

**"Umalis na kayo."** Madiin kong sabi.

Nakangiting lumapit sakin si Mykel. Dinuro nya ko sa noo.

**"Hindi ikaw ang masusunod dito."** Madiin din nyang sabi sakin.

**"Umalis ka na Mykel. Hayaan mo na si Mica dito."** Sabi ni Yuri.

Sya naman ang binalingan ng Maykeliling na to. Nagtitigan sila na parang nagsusukatan ng tapang at tibay.

**"Nawala lang si Watson, kung maka-asta ka kala mo ikaw na pinaka-malakas dito. Anu bang kaya mong gawin? Ha? Hanamitchi?"** Naghahamong tanong nya.

Hindi sumagot si Yuri pero hindi inaalis ang tingin dito. Nang walang marinig na sagot tumawa ng tumawa ang Mykeliling. Pati mga kasama nya nagtawanan na rin.

*Lahat sila may tama sa utak.*

**"Wala ka pala eh!"** Mayabang na sabi ng isa sa Section D.

**"Kagaya ka lang din ni Aries."** Gatong naman nung isa.

**"Anu bang aasahan nyo sa mga Section E na to!"** Sabi ni Mykel sa mga kasama nya. **"...matatapang lang yang mga yan kapag andyan si Watson. Eh wala sya ngayon! Edi nga-nga!"**

Malakas na tawanan ulit ang ginawa nila. Tinignan ko si Yuri na saradong sarado ang kamao. Mahinahon ang itsura nya pero seryosong seryoso.

*Bwisit tong mga to! Hindi pa magsi-alis!*

**"Tapos naba kayo?"** Inis na tanung ko. **"...Baka pwede na kayong umalis?"**

Bigla nalang lumapit sakin si Mykel at kinuwelyuhan ako. Sobrang lapit ng muka nya sakin amoy na amoy ko ang hininga na amoy sigarilyo.

**"Kanina ka pa! Napipikon na ko sayo!"** Sabi nya sakin. **"...Pareho kayo ng pinsan mo. Nakaka-inis ang pagmumuka."**

**"Bitiwan mo si Jay-jay."** Utos ni Yuri.

Hawak pa rin ni Mykel ang kwelyo ng uniform ko. Tumingin sya kay Yuri at bahagyang tumawa.

**"Make me."** Paghahamon nya.

Akmang lalapit samin si Yuri pero bigla nalang akong hinatak ni Mykel palayo sa kanila. Nagkagulo ang mga Section D ng tangkain ng ibang Ulupong na tulungan ako.

Kinuha ng bwisit na to ang pagkakataon at hinatak ako palayo sa kanila. Sinubukan kong lumaban pero nahahatak ang uniform ko at kapag hindi napigilan mahuhubaran ako ng wala sa oras.

*Makikita nila yung bayarin ko... Bill-bill!*

**"Anu ba! Saan mo ko daldalhin?!"** Galit na tanung ko.

**"I will teach you a lesson. You need to learn to respect the new King."**

New King?! Self declared ba ito? Ang tigas ng muka nya! Pinabagsak nila si Aries para sabihin na sya na ang bagong Hari. Ang kapal!

Nakarating kami sa harap ng main building. Sa parehong lugar kung saan nila binanatan si Aries. Pabalibag akong binitiwan ni Mykel kaya tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig.

May ilang istudyante ang naka-kita samin at mabilis na tumakbo palayo. Dahan-dahan akong tumayo at ilang sandali lang ang nakalipas naglabasan na ang mga istudyante mula sa mga room nila.

**"Anu na naman to?"** Iritang tanung ni Freya.

Tinuro ako ni Mykel habang palakad-lakad malapit sakin. **"Napipikon na ko sa babaeng to."**

Tinignan ako ni Freya at pinagtaasan ng isang kilay. Hindi ko sya pinansin. Pinili kong harapin si Mykel na pa-ikot-ikot at parang nag-iisip ng pwedeng gawin.

May mga teacher na dumadaan at nakiki-usyoso pero kapag nakikita nila ko o si Mykel pinipili nilang umalis nalang at magpatay malisya sa nakita.

*Kaasar!*

**"Hawakan nyo."** Biglang sabi ni Mykel.

Dalawang lalaki na Section A ang lalapit sana sakin. Nataranta ako kaya nasipa ko agad sa sikmura ang isa sa kanila. Napatigil na yung isa at parang natakot.

**"Bwisit! Iisa lang yan! Babae pa! Tapos hindi nyo mahawakan!"** Galit na sigaw ni Mykel.

Hindi ko namalayan ang paglapit nya sakin. Huli na ng makita kong bumwelo sya ng suntok palapit sakin. Sinikmuraan nya ko.

**"Ugh!"** Inda ko kasabay ng pagluhod ko.

Malakas ang sigawan ng mga istudyateng nakakita sa ginawa nya. Mabilis namang nanlabo ang paningin ko dahil sa sakit. Nakaka-panglambot ng tuhod.

*Umurong ata laman loob ko.*

Hindi pa ko nakakabawi ng lakas ng sipain nya ko. Tumilapon ako at bumagsak sa sahig.

**"Pareho nga kayong mag-pinsan! Walang kwenta!"** Sigaw nya sakin.

Lalapit na sana sya para sipain na naman ako pero isang suntok ang nagpabagsak sa kanya. Sa lakas ng suntok na yon, tumilapon sya.

Nanginginig ang mga braso ko habang pilit na bumabangon. Tinignan ko kung sinong may gawa non. Takot at gulat ang naramdaman ko ng makita ko sya ng maayos.

Ang tingin nyang parang handa ng pumatay ng tao. Ang buhok nyang saksakan ng gulo at parang nakipag-away sa suklay. Ang damit nyang simpleng tshirt at jeans lang. Ang muka nyang parang naghuhumindik sa galit.

Ang mga yon ang dahilan kung bakit muntik ko na syang hindi makilala. Kung bakit parang naging ibang tao....

*Si Kuya Angelo.*

Tumigil ang lahat sa nakita nila. Napatakbo ang ilang kalalakihan at meron namang sa sobrang takot ata ay naihi sa palda at pants.

Napatingin ako sa gilid nya ng dumating sila Yuri at ibang Ulupong. Mukang kakatapos lang nilang makipag-basag-ulo sa mga Section D. Nang makita nila si Kuya ay napahinto din sila.

**"K-kuya..."** Tawag ko sa kanya pero halos bulong lang yon.

Kasabay ng unti-unting pagtayo ni Mykel ang dahan-dahang paglapit sa kanya ni Kuya. Puno ng dugo ang ilong at nguso nya. Halata din ang pagkahilo dahil sa hindi makatayo ng maayos.

**"Who do you think you are?"** Mahinahong tanong ni Kuya sa kanya. **"...You humiliated my brother and hurt my cousin. Who the fvck are**

**you?..."**

Napaatras si Mykel ng magkasalubong ang mga tingin nila. Kahit ako matatakot din. Parang hindi si Kuya ang nasa harap ko ngayon.

**"...I will make you pay. I will make you wish that you were never born. I will make you suffer. I will make you ask to die..."** Huminto si Kuya ilang dipa ang layo sa kanya. **"...You will feel hell, asshole."**

Bigla nalang napaupo si Mykel kasabay non ang pagiyak nya dahil sa takot. Nagulat kami sa naging reaksyon nya. Isang suntok pa lang ang ginagawa sa kanya ni Kuya pero ganun na agad ang epekto sa kanya.

Idagdag pang parang kutsilyo sa talim ang tingin nya. Ni minsan ko pa nakitang ganito sya. Oo nakita ko na syang magalit non pero iba to.

*Ibang-iba!*

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Parang nakikita ko sa kanya si.....*Keifer.* Alam kong may pagkakahawig sa pagkilos at ugali sila Keifer, Yuri, Percy at Aries. Pero iba yung kay Kuya Angelo at Keifer.

Nagising ako sa pag-iisip ng may humawak sakin para alalayang tumayo. Si Yuri kasama si David at Felix.

**"Anung masakit sayo?"** Tanung ni Felix.

Umiling ako bilang sagot at muling tinignan si Kuya. Nanatili pa rin syang nakatayo sa harap ni Mykel.

**"S-sino ka b-ba sa t-tingin m-mo?"** Pagalit na tanung ni Mykel pero bakas ang takot.

Hinawakan ni Kuya Angelo ang kwelyo nya at nilapit ang muka sa kanya.

**"I am... Your worst nightmare."** Sabi nya at patulak na binato si Mykel.

Mabilis na nilapitan ng mga Section A ang luko na nasa lupa at nanginginig ang tuhod. Panay naman ang bulungan ng iba pero halatang ayaw iparinig ang pinag-uusapan.

Humarap samin si Kuya. Napaatras ako ng sakin huminto ang tingin nya. Aaminin ko, natatakot ako sa kanya pero mas nakakatakot sya ngayon. Parang nanunuot sa kaloob-looban ko ang mga tingin nya.

**"Anung ginawa sayo ng hudlong na yon?"** Mahinahong tanong nya.

Parang umurong ang dila ko at hindi ko magawang magsalita. Lalapit na sana sakin si Kuya pero isang uma-alingaw-ngaw na sigaw ng pangalan nya ang nagpatigil sa kanya.

Tinignan namin ang pinang-galingan non. Mula sa main building, lumalakad palapit ang Guidance Councelor gamit ang malalaki nitong hakbang.

**"Anu sa tingin mo ang ginagawa mo?!"** Sabi ni Ma'am. **"...Nanakit ka ng istudyante sa loob ng paaralan! Alam mo bang pwede ka naming kasuhan?!"**

Walang buhay ang mga mata ni Kuya na tumingin sa kanya. **"Then sue me."**

Nang-gagalaiti sa galit ang councelor. Halos lumabas na ang ugat nito sa ulo dahil sa galit.

**"Ang kapal ng muka mo!"**

**"Baka may nakakalimutan ka."** Mahinahong sabi ni Kuya pero unti-unting nagbago ang tingin nya.

Bumalik na naman ang mga tingin ni Kuya kanina. Kita ko ang takot ng Guidance Counselor pero pinilit nyang itago yon.

**"...Ako ang Hari sa lugar na to! Ako ang dahilan kaya buhay pa rin ang paaralan na to! Kung tutuusin pagma-may-ari ko na ang school na to pero heto kayo at binabastos ako!..."** Galit na sabi ni Kuya. **"...Sino ang makapal ang muka sa ating dalawa?!"**

**"Bastos ka!"** Sigaw ng Councelor habang nakahawak sa dibdib. **"...Kahit kelan wala kang galang!"**

*Parang aatakihin sa puso si Ma'am.*

Hinarap ko si Yuri. **"A-awatin mo si Kuya. Baka atakihin sa puso si Ma'am."**

Napalunok si Yuri bago magsalita. **"You don't understand Jay... No one can stop your cousin."**

Napakunot ang noo ko. No one can stop? Parang si Keifer pagnagalit. Muli naming tinignan sila Kuya.

**"Bagsak ka na Angelo. Wala ka ng ipagmamayabang samin kaya hindi mo na kami masisindak!"** Mayabang na sabi ni Ma'am. **"...Ang taas masyado ng tingin mo sa sarili mo!"**

Bahagyang tumawa si Kuya na pinagtaka naming lahat. **"Hindi ko kailangan ng kumpanya para manindak. Alam mo yan.... Baka naman gusto mong silaban ko ulit ang school na to tapos isama ko mga istudyante nyo."**

Napaatras na ng tuluyan si Ma'am at parang namutla. Agad namang umalalay ang ibang istudyante para hindi sya bumagsak.

**"May tsismis dati na nasunog daw ang school na to dahil sa isang gulo. Pero wala akong ideya na may kinalaman si Angelo don."** Sabi ni Yuri na hindi tumitingin sakin.

Mas lalo akong nakaramdam ng takot. Hindi ko alam na kayang gawin ni Kuya ang ganun. Sunugin ang school?!

**"I'm still the King."** Nakangiting sabi nya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 222

## Island

***Jay-jay's POV***

Nag-iisa na naman ako. Yung pakiramdam ko dati eto na naman. Yung pakiramdam na hindi ako katanggap-tanggap. Sa pagkakataon na to hindi sa mga kaklase ko kundi sa pamilyang nag-aalaga sakin.

**"Stable na ang vitals ng pasyente. Wala na rin kayong dapat ipag-alala sa damage tissue sa baga nya, maganda ang respond non sa gamot na ibinigay namin sa kanya."** Sabi ng Doctor kay Tita Gema.

Agad namang nakahinga ng maluwag sila Tito Julz at Kuya Angelo. Ganun din sana ang dapat kong naramdaman pero nana-naig sakin ang pagiging guilty.

*Dahil kahit saan tignan. Sakin nagsimula ang lahat.*

**"...I suggest longer body rest for the patient. Maganda ring magkaroon sya ng kaunting exercise."** Patuloy ng Doctor.

May mga bagay pang itinanung sila Tita Gema na hindi ko na naintindihan. Tinignan ko si Ella na mahigpit ang hawak sa kamay ni Aries. Hindi nya inaalis ang tingin dito.

**"I'm sorry."** Bulong ko habang pinagma-masdan sila.

Abala ang lahat sa pagka-usap sa doctor. Kinuha ko ang pagkakataon para lumabas ng kwarto. Pinunasan ko din ang luhang naka-abang sa mata ko.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Percy na nakasandal sa pader sa tabi ng pinto.

Alam kong kanina pa sya nandito. Hindi sya umalis kahit na dumating sila Tita.

**"B-bakit hindi ka pa umuuwi?"** Sabi ko habang nama-maos ang boses.

Kanina ko pa kasi nilalabanan ang pagluha ko. Pakiramdam ko kasi ang hina-hina ko na. Para bang wala akong kalaban-laban sa mga nangyayari sakin.

**"Anung sabi sayo ni Angelo?"** Tanung nya.

Umiling ako. Wala syang sinabi mula pa kanina na nang-galing kami sa school. Gusto ko na sanang dumiretso sa bahay pero sa ospital ako dinala ni Kuya.

Ngumiti si Percy at hinawakan ako sa ulo. **"Stress na stress ka masyado. Kain muna tayo."**

Hindi na ko nagsalita pa at agad na sumunod sa kanya. Parang ginutom ako ng mga nangyari kanina. Natatakot na tuloy ako bumalik sa school dahil sa mga sinabi ni Kuya sa Guidance Councelor namin.

Sa isang fast food malapit sa ospital kami pumunta ni Percy. Sya na rin ang umorder para sakin. Habang kumakain malalim pa rin ang iniisip ko.

*Hindi ko na kasi talaga alam ang gagawin ko.*

Gusto kong paki-usapan ang pamilya ni Yuri. Pero parang sobrang kapal naman ata ng muka ko non. Matapos kong sagot-sagot ang Head Master nila. Isama pa yung pakiki-usap ng Mama ni Yuri na hindi ko pinansin. Anu pang muka ang ihaharap ko sa kanila.

*Pwede ko kayang iharap ang muka ni Author?*

(**A/N:** tangina neto! Baka ma-inlove sakin si Yuri.)

Nag-uumpisa na kong magsisi kung bakit pinili kong wag ituloy ang kasal. Pero kung magpapatuloy naman ako, alam kong hindi ako magiging masaya at pwedeng ganun din si Yuri.

**"Hindi na pala tuloy ang kasal nyo ni Yuri."** Biglang sabi ni Percy kaya napatingin ako sa kanya.

**"O-oo... May kasunduan kami ni Yuri. Ititigil na nya yung engagement kapalit ng pagsisimula namin."** Walang buhay kong paliwanag.

**"Hmm... No wonder why Angelo suddenly act like that."**

Bahagyang kumunot ang noo ko. **"Act like... What?"**

**"Like he was the most miserable guy in the planet. Yung mga mata nya... Kapareho nung unang beses ko syang makita."**

Napayuko ako. Na-gi-guilty na naman ako. Kung pwede lang akong gumawa ng paraan. Kung pwede lang sana ako makatulong ng hindi kailangan ng kasal.

**"Asan yung kwintas na niregalo ko sayo?"**

Taka akong napatingin sa kanya. Seryoso ang tingin nya sakin habang naghihintay ng sagot ko. Kinuha ko ang bag ko at binuksan yun. Kinuha ko ang kwintas sa secret pocket sa loob.

Hindi ko pa man din nai-a-abot sa kanya yon ng tuluyan, hinablot na agad nya sa kamay ko. Nabigla ako pero mas nabigla ako ng alisin nya ang singsing na bigay ni Yuri.

Binalik nya sakin ang kwintas. **"Suotin mo."**

Ang totoo, hindi ko na sinuot ang kwintas dahil masama ang loob ko sa kanya non. Nung araw na tawagan ko si David para magpadala ng mensahe kay Percy, tinanggal ko na ang kwintas sa leeg ko.

Hinintay nyang suotin ko yun ulit bago magsalita.

**"Ako na ang magbabalik nito sa kanya."**

**"B-bakit?"**

**"Gusto ko lang at kung pwede lang, layuan mo na sya."**

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ko. Hindi ko maintidihan ang inaasta nya. Agad kong kinuha ang singsing sa kamay nya.

**"Anu bang problema mo? Bakit ganyan ang ina-asta mo?"** Iritableng tanung ko.

Seryoso nya kong tinignan. **"Dahil ayoko si Yuri para sayo."**

**"Bakit?"**

Umiwas sya ng tingin. **"Sakin nalang muna yon."**

Malapit na kong mapikon sa ginagawa nya. Akala ba nya hindi ko nahahalata na may tinatago sya sakin. May mga bagay syang halatang ayaw nyang ipa-alam. Eto naman ako at mukang tangang naghihintay na magsalita sya.

Dali-dali akong tumayo at naglakad palabas ng restaurant. Mabilis naman syang sumunod sakin.

**"Jay-jay."** Tawag sakin.

Hindi ako huminto sa paglalakad. **"Umuwi ka na Percy. Baka hinahanap ka na ni Felix."**

**"Anu bang problema?"** Iritang tanung nya.

Mabilis ko syang hinarap at tinitigan ng masama. Wala akong paki kung pagtinginan kami ng mga naglalakad.

**"Ikaw ang problema! Naiinis ako sayo dahil ayaw mong magsabi sakin ng totoo!"**

**"Dahil hindi mo naman kailangang malaman lahat agad."**

Natigilan ako sa sinabi sya. Oo nga naman. Sino ba naman ako para sabihan pa nya ng mga bagay na yon.

**"Hindi lahat ng bagay tungkol sayo Jay. At yung mga bagay na yon, kailangan pa naming ayusin bago ipaalam sa iba."** Paliwanag nya tsaka naglakad at nilagpasan ako.

Nakagat ko ang ibabang labi ko dahil sa inis. Hindi ko na tinignan kung saan sya pumunta. Bumalik ako sa ospital at tumuloy sa kwarto ni Aries.

*Nakakainis!*

Nasa tapat na ko ng pinto ng kwarto ni Aries ng bigla bumukas yun. Bumungad si Ella at Kuya Angelo na mukang palabas ng kwarto.

**"Sumabay ka na samin. Uuwi na kami."** Walang buhay na sabi ni Kuya.

Napayuko ako. **"Mag-papa-alam lang ako kay Tita."**

Hinayaan nya kong pumasok sa loob. Nakaupo si Tita Gema sa tabi ng kama ni Aries. May kausap naman sa phone si Tito Julz.

Lumapit ako kay Aries na tadtad ng bandage ang muka. Nangingitim din ang ilang parte ng muka nya. Nakakapang-lumo ang itsura nya.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Tita habang nagpipilit ng ngiti. **"...Sumabay ka na kila Kuya Angelo mo. Uuwi na sila."**

**"T-tita..."** Hindi ko napigilan ang pag-garalgal ng boses ko. **"...s-sorry po. Kasalanan ko po kung bakit sinaktan si Aries ng mga kaklase nya."**

Hinawakan ni Tita ang kamay ko. **"Wag mo sisihin sarili mo. Wag na wag mong gagawin yan."**

**"Tama ang Tita mo."** Singit ni Tito Julz. **"...Sila ang may gustong gawin to kay Aries. Hindi naman ikaw."**

**"P-pero po kasi...."** *Kung hindi itinigil ang kasal, hindi kayo naghihirap, mataas pa rin tingin kay Aries.*

Hindi ko na magawang ituloy ang gusto kong sabihin dahil sa paghigpit ng hawak ni Tita Gema sa kamay ko. Ngumiti sya sakin na parang sinasabi na '*okay lang ang lahat*'.

Pinilit kong gantihan ang ngiti nya. May ilang sandali pa kaming nag-usap bago ako hayaan na umalis. Si Ella ang naghihintay sakin sa labas ng kwarto. Tahimik kami pareho habang naglalakad papunta sa parking.

Akala ko nasa kotse na si Kuya Angelo pero wala sya don pagdating namin. Inikot ko ang paningin ko at nakita ko sya sa isang sulok na nanini-garilyo.

*Ngayon ko lang sya nakitang na-nini-garilyo.*

**"Puntahan ko lang si Kuya."** Sabi ko kay Ella at hindi na hinintay ang sagot nya.

Napatingin si Kuya sakin ng makita nyang papalapit ako. Mabilis din nyang tinapon ang sigarilyong hawak.

**"Wag mong sasabihin sa iba na nakita mo kong ganito."** Sabi nya.

**"Bakit ka naninigarilyo?"**

**"Pan-tanggal stress lang."** Walang buhay nyang sabi. **"...Tara na. Ihahatid pa natin si Ella."**

Magkasunod kaming bumalik sa kotse. Binuksan nya yun at pumwesto sa Driver's seat. Sa passenger naman ako at si Ella sa backseat.

Walang nagsasalita, napaka-tahimik. Nakakabingi ang katahimikan at kung anu-anu ang naglalaro sa isip ko. Hindi ako komportable.

Huminto kami sa harap ng isang bungalow house. Simple lamang yun at hindi ganun kabongga. Bumaba si Ella at nagpasalamat kay Kuya.

Ngayon ko napagtanto na totoo ang sinasabi nila na hindi mayaman si Ella. Napaka-simple lang ng pamumuhay nila----*na ginagawa nyang komplikado.*

Nakarating kami sa bahay. Pasalpak na naupo si Kuya sa Sofa at pumikit. Walang sumalubong samin kaya malamang na tulog na ang mga maid.

**"Magpahinga ka na."** Sabi nya ng hindi tumitingin sakin.

Pero hindi ako gumalaw. Tinignan ko sya habang binubuo sa isip ko ang sasabihin sa kanya.

**"K-kuya----."**

**"Wag mo ng ituloy."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...Gusto ko ng magpahinga."**

Napahiya ako sa sarili ko. Pumunta na ko sa kwarto ng hindi nagsasalita. Pagsara ng pinto, bumuhos lahat ng luha na kanina ko pa pinipigilan.

Napaupo ako sa sahig at niyakap ang tuhod ko. Ang hina ko talaga! Kahit kelan wala na kong nagawang tama sa mga taong nakapaligid sakin.

*Malas yata ako talaga.*

Nung una si Lola, ngayon naman sila Tita Gema at Kuya Angelo. At sino namang sunod na mamalasin dahil sakin?

Narinig kong tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at isang text message ang dumating.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Missing you now.* 😙

Pinunasan ko ang luha ko at mabilis na tinawagan ang number ng GagongBaliw. Umabot pa ng apat na ring bago nya sagutin.

**"Wag ka munang magsasalita."** Bungad ko pagkasagot nya ng tawag ko. **"...makinig ka lang please. Pakinggan mo lang ang sasabihin ko. Yun lang ang kailangan ko."**

Wala akong narinig na sagot mula sa kanya kaya pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

**"Napahamak yung kapatid dahil sakin..."** Huminga ako ng malalim para pigilin ang luha ko. **"...K-kasi, pinili kong hindi ituloy yung kasal na**

**inayos nila para sakin. Pero m-malaki ang naging kapalit non..."** Pinunasan ko ang ilang takas na luha mula sa mata ko. **"...Naghihirap na yung pamilyang tumulong sakin. Bumaba ang tingin nila sa Pinsan ko at pati sa kapatid ko."**

Hindi ko na napigilan. Nagsimula na naman akong umiyak na parang bata. Pati sipon ko humahalo na sa luha ko sa pagbagsak. Ayokong iparinig sa kanya ang paghihirap ko kaya pinatay ko ang tawag pero segundo lang ang binilang ng magtext sya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Please continue. Tell me everything.*

Hindi ko na sana papansinin pero bigla syang tumawag. Hindi ko sinagot pero tumawag na naman sya. Naka-ilang tawag sya bago ko napag-desisyunang sagutin.

**"S-sorry kung na-istorbo kita... Wala k-kasi akong maka-usap tungkol dito."** Sabi ko habang patuloy pa rin sa pag-iyak. **"...pakiramdam ko napaka-hina ko. Malas ako at puro mali ang ginagawa ko. Lahat nalang ng mahalaga sakin napapahamak dahil sa mga ginagawa ko. Kahit hindi nila sabihin, alam kong sinisisi nila ko."**

Sa hindi ko maintindihan na dahilan. Unti-unting humihina ang pagiyak ko. Parang kusang tumitigil yon kahit hindi ko pigilan.

**"Pakiramdam ko nag-iisa lang ako. Wala akong pwedeng masandalan. Ngayon lang ako nahirapan ng ganito kahit dati ko pa nararamdaman na parang nag-iisa lang ako. Siguro kasi..."** *Wala sya dito sa tabi ko.*

*Gago na kung gago. Bobo na kung bobo pero malaking bahagi ko ang hinahanap sya at gustong makita.*

**"...Keifer."** Bulong ko at bigla nalang namatay ang linya.

Hindi ko na intindi kung bakit. Halos pagapang akong lumapit sa kama at nahiga. Ni-hindi ko na nagawang magpalit ng damit at dahil sa sobrang pagod kusa akong nakatulog.

Kinubakasan ng magising ako masama ang pakiramdam ko. Nilalagnat ako at parang may mabigat sa lalamunan ko.

Pinilit kong bumangon at dumiretso sa banyo. Kailangan kong pumasok sa school. Eto nalang ang tama kong magagawa para kila Tita Gema. Naligo ako at nag-ayos kahit parang may mabigat na bagay ang nakadagan sa ulo ko.

Pagpunta ko sa Dining, walang tao. May nakahandang pagkain para sakin. Pinilit kong lamnan ang tyan ko at nanghingi rin ako ng gamot sa isa sa mga maid nila Tita.

*Anak nang.... Ngayon pa talaga ako nagkasakit.*

Naglalakad na ko palabas ng bahay ng may makita akong tao sa gate. Naka-ilang hakbang pa ko bago sya tuluyang makita ng maayos. *Si Yuri.*

**"A-anung ginagawa mo dito?"** Bungad ko sa kanya.

**"Sabay na sana tayo pumasok."** Pinag-masdan nya ko. **"...okay ka lang ba? Namu-mutla ka."**

Ayokong makipagtalo. Mabigat ang ulo ko at walang kahit na anung pumapasok sa isip ko. Wala akong baon na pambara sa kanya. Lumapit ako sa kotse nya at binuksan ang pinto sa passenger seat. Sumakay ako ng walang kahit na anong salita ang lumabas sa bibig ko.

Mabilis naman syang sumakay sa passenger at pina-andar ang kotse. Panay ang sulyap nya sakin kahit hindi ko sya nakikita ng maayos. Sa kakatingin nya, hindi nya namalayannna huminto ang mga sasakyan sa harap nya.

Halos madurog ang preno sa pagtapak nya don. Muntik na ko masubsob sa harap at tumilapon naman ang bag ko. Nagkalag-lag ang gamit ko dahil hindi pala naka-sara yung zipper.

*Badtrip! Tanga yung bag hindi sinira zipper nya.*

Namulot ako ng namulot ng laman ng bag ko. Ang daming basura ng mga pinag-kainang chutchirya.

**"Sorry."** Sabi ni Yuri at tangkang tutulungan ako pero pinigilan ko sya.

**"Mag-drive ka nalang."** Sabi ko at pinagpatuloy ang pag-putol ng kalat.

Pati ilalim ng kinauupuan ko kinapa ko na. Aksidente kong nahawakan ang isang bagay na parang gawa sa plastic at papel. Akala ko galing sa bag ko kaya kinuha ko at napataas ang isang kilay ko ng makitang isang kaha yun ng sigarilyo.

Napatingin sakin si Yuri. **"K-kay Keifer yan."** Mabilis nyang sabi pero parang gusto nyang bawiin ng magpagtanto ang pangalang binanggit nya.

Natitigan ko ang kaha. Bawas na ng ilang piraso ang sigarilyo. Bigla tuloy pumasok sa isip ko kung ilang sigarilyo ang nauubos nya sa isang araw.

*Anu bang lasa ng sigarilyong to at eto ang gusto nyang brand?*

Kumuha ako ng isang stick at sinubo yun pero wala akong balak sindihan. Bahagyang nagulat si Yuri sa ginawa ko pero huminahon din ng makitang subo ko lang yun.

Gusto ko lang malaman ang nararamdaman nya kapag may subo syang sigarilyo.

**"Tingin mo..."** Wala sa sariling sabi ko. **"...K-kelan babalik si Keifer?"**

*Kasi baka totoo yung sinabi ni Blaster at hindi na sya bumalik.*

**"I don't know."** Walang buhay nyang sagot.

Siguro wala syang pinag-sabihan ng pag-alis nya. Kahit bestfriend nya hindi rin nya binilinan o kina-usap man lang. Baka talaga hindi na sya aalis.

Baka talagang hindi na nya ko babalikan. Parang may kung anung kumirot sa puso ko. Binalik ko ang isang stick sa kaha at nilagay yun sa bag ko.

**"Hindi mo ba sya nakausap bago sya umalis?"** Tanung ko ulit habang nakatingin sa labas.

**"No. We never had the chance."**

**"Mako-contact mo ba sya?"**

**"He's not responding."**

Napapikit ako. Bukod sa sakit na nararamdaman ko sa dibdib ko sumasabay din ang sakit ng ulo ko. Naiiyak ako sa bawat pag-galaw ko at pagkirot nito.

*Kainis na sakit to! Kailangan talaga tyempo?*

Napahawak ako sa sintido ko. Kasabay din non ang pagpatak ng ilang luha galing sa mata ko habang nakapikit ako.

Bwisit kasing sakit to! Sakit na nga sa katawan, sakit pa sa kalooban. Anu gusto? Suntukan? Hindi ako umiiyak dahil Keifer, umiiyak ako dahil sa sama ng pakiramdam.

**"Jay... May masakit ba sayo?!"** Tarantang tanong ni Yuri.

*Madami! Madami akong sakit!*

Naramdaman ko ang paghinto ng kotse. Bigla nalang nya kong hinawakan sa leeg kaya napadilat ako at kasabay non ang panlalabo ng mata ko na halos magpabulag sakin.

**"Shit! Mainit ka!"** Gulat na sabi nya at mabilis na pina-andar ang kotse.

Akala ko kung anung gagawin nya pero bigla nalang nyang hininto sa harap ng ospital ang kotse. Bago pa ko maka-protesta, nakababa na sya at binibuksan na ang pinto ng passenger.

**"A-anu bang----."** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil bigla nalang nya kong binuhat bridal style.

Kitang-kita ko ang pag-aalala sa muka nya. Panay din ang tawag nya ng nurse na aasikaso sakin hangang sa ibaba ako sa isang kama sa emergency room.

**"Kami na po ang bahala dito."** Sabi ng isang nurse.

Bahagyang lumayo si Yuri habang pinapanood ang mga nurse. Samantalang ako hindi inaalis ang tingin sa kanya.

*Bakit ka ganyan Yuri? Naiinis ako sayo.*

Naiinis ako sayo kasi ang bait mo. Naiinis ako sayo kasi ako pa yung minahal mo. Naiinis ako sayo kasi alam mo namang wala kang pag-asa pero heto ka pa rin. Naiinis ako sayo kasi para akong nakatingin sa salamin at ikaw ang repleksyon ko.

Ipinapakita kung ganu ako katanga sa pagmamahal. Bakit kasi ganito? Bakit kailangang maging komplikado? Hindi ba pwedeng magligawan lang tapos magkakaibigan tapos mag-jowabels na? Bakit kailangang maghirap kami pareho ng ganito?

Pakners kami sa katangahan. Pagkatapos dito magtatayo ako ng club para saming dalawa.

*SLC.... Shunga Lovers Club.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 223

**A/N:** Astig ba ni Angelo? Panu pa kaya kapag sila ni Keifer na ang magharap?

Pero mas astig si Percy.

*Sorry for the wrong grammar and spelling.*

**Her concern**

***Jay-jay's POV***

Ilang araw na kong kumakain ng mag-isa sa Dining. Umaga at gabi na ako lang at ako lang ang kasalo ko. Ni-anino nila Tita Gema at Kuya Angelo hindi ko naabutan sa bahay. Kahit si Mama na kakadating lang hindi ko din nakita.

*Maleta lang nya ang nakaharap ko.*

Kahit yung pagkakasakit ko hindi na rin nakarating sa kanila. Buti nalang at hindi rin ako na-confine ng araw na yon. Salamat kay Yuri na umasikaso ng lahat.

Kakatapos ko lang maligo at nag-aayos na din ako ng marinig ko ang pagtunog ng phone ko. Dalawa lang ang nasa isip ko na magt-text sakin.

*Si Yuri o yung GagongBaliw.*

Kinuha ko ang phone ko. Yung ikalawang tao na inaasahan ko ang nagtext sakin.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Good morning! Take care of yourself.*

Naging daily routine ko na yata ang pagbabasa ng text nya. Hindi ko na binabawalan na magtext sakin. Parang naging bahagi na rin sya ng cellphone ko.

Kagaya ng lagi kong ginagawa hindi ko na sya ni-replayan. Nagpatuloy ako sa pag-aayos at mabilis na lumabas ng kwarto ko. Naglilinis ng bahay ang mga maid nila Tita.

**"Alis na po ako."** Paalam ko sa kanila.

**"Ingat."** Sagot naman nila sakin.

Paglabas ng gate hindi na ko nagulat ng makita si Yuri na nag-aabang sakin. Nakasandal sa kotse nya habang hawak ang cellphone.

Lumapit ako sa kanya at agad naman nya kong napansin. Ngumiti sya sakin at binuksan ang pinto ng passenger seat.

**"Good morning."** Bati nya pa.

**"Walang good sa morning."** Kuwaring pagtataray ko.

Tinawanan lang nya ko bago isara ang pinto. Hindi ko masasabing okay na kami ng ugok na to pero binigyan ko na rin sya ng chance kagaya ni Ci-N. Silang dalawa naman kasi talaga tong mapursige na suyuin ako.

Ipinaliwanag na rin nya ng maayos na narealize na nya yung mali nya. Maililigtas nga nya ko sa plano ni Keifer dahil sa kasal pero maitatali naman nya ko sa panibagong problema.

Sinabi din nya na noon pa nya gustong bawiin ang kasal dahil sa nakikita nya sakin pero hindi nya magawa agad-agad. Sinubukan kong itanung ang sinabi ng pamilya nya nung iatras ang kasal pero hindi nya ko sinagot.

*Pakiramdam ko hindi naging maganda ang resulta non sa kanya.*

**"May gagawin ka ba mamaya?"** Tanung nya.

**"Dipende."** Mabilis kong sagot.

Taka nya kong tinignan sandali. **"Panung dipende?"**

**"Dipende kung aayain mo ko kumain, wala akong gagawin. Pero kung galaan lang, meron akong gagawin. Marami pa nga eh."**

Dinig ko ang mahinang pagtawa nya. Akala ata nya nagbibiro ako. Seryoso ako, kaya kong ibakante ang oras ko kung usapang pagkain yan pero kung hindi, marami akong gagawin.

**"Aayain kita sa isang Japanese Restaurant."** Sabi nya.

**"Yun! Wala akong gagawin, available ako."** Mabilis kong sagot.

Natawa na naman sya. Nakarating kami sa school at hinintay ko syang makapag-park bago bumaba ng kotse. Parang karaniwang araw lang sa school ngayon.

Mabilis na humupa ang usapin tungkol kay Aries at Mykel. Maging yung pagdating ni Kuya at pagbabanta sa Guidance Councilor namin hindi na rin pinag-usapan.

*Natakot yata sila kay Kuya.*

Andun pa rin yung Demolition Notice keneme sa tabi ng building namin. Walang nakalagay na date kung kelan sisimulan.

Nagpatuloy nalang ako sa paglakad papunta sa room. Nakasunod lang sakin ang Yuri at pagpasok sa room parang may Mali.

*May mali talaga!*

Nawawala yung ilang pares ng Tables at Chairs. Sobra-sobra yun dati kaya nga madali lumipat ng upuan pero ngayon, sakto para saming lahat.

16 sila at kung isasama ako 17 na. Ang tanging bakanteng upuan lang ay yung pwesto nung Hari sa likod at yung dating pwesto ko sa gitna kung saan katabi ko si David at Ci-N.

**"Bakit... Ganito."** Bulong ko sa sarili ko.

**"Good morning Jay!"** Buong galak na bati ni Ci-N habang tumatakbo palapit sakin.

**"Anung nangyari? Bakit kulang-kulang na yung mga lamesa?"** Tanung ko sa kanya habang tinuturo yung mga lamesa.

**"Hindi kulang-kulang. Sakto-sakto."** Paglilinaw nya at napataas naman ang isang kilay ko. **"...Kasi dati sobra-sobra kaya ngayon sakto-sakto na."**

*Wew...*

Dahil sa ayos ng mga upuan. No choice ako kundi bumalik sa pwesto ko sa gitna. Buong galak naman akong hinatak ni Ci-N at inalalayan sa pag-upo.

Muntik na kong mapangiti ng makita ko yung silya. Nakadikit yung retaso ng palda ko. Eto kasi yung bangko kung saan dumikit yung palda ko dati.

Pinili ko nalang hindi pansinin yun. Inayos ko na rin ang gamit ko. Napatingin pa ko kay David ng mapansin kong nakatingin sya sakin.

*Ngiting aso ang Gago.*

**"Bakit ganyan ka maka-ngiti?"** Iritang tanung.

**"I miss having you as my seatmate."** Sabi nya.

Tinaasan ko sya ng isang kilay. Miss? Eh lagi kaya syang tulog nung magkatabi kami. Kapag may pagkain lang syang naamoy gumigising. Tuktukan ko kaya to?

Pagtingin ko naman sa kabila si Ci-N ang naka-bungad sakin. Ngiting tuwang-tuwa ang Batang Kumag.

**"Na-miss ko yung ganito."** Sabi nya habang tuma-taas-taas pa ang kilay.

*May hindi naka-inom ng gamot.*

Napangiwi nalang ako. Nung tignan ko naman ang paligid lahat sila naka-ngiti din sakin. Kumunot ang noo ko sa kanila.

Anu akala nila okay na ko at ang ginawa nilang kalokohan sakin. Oo, binigyan ko ng chance si Yuri at Ci-N pero hindi ibig sabihin non sila din.

*Ang tigas ng mga muka nyo!*

Dumating si Sir Alvin kaya napilitan silang humarap sa kanya. Kahit si Sir nagulat din sa naging ayos ng mga lamesa pero pinili nalang nyang hindi pansinin.

Habang nagka-klase, may maliit na bagay na tumatama sa ulo ko. Tinignan ko naman yun pero wala. Nagpatuloy yun hangang sa sumunod na subject. Pagtingin ko maliit na papel na binilog-bilog.

Niligid ko naman yung paningin ko pero mga patay malisya ang mga hudas. Bakit pakiramdam ko nangyari na to? Dé javu?

Habang tumatagal ang klase lalong naragdagan ang mga maliit na papel na tumatama sakin. Nag-sisimula na kong mapikon sa ginagawa nila.

*Anu na naman kayang trip nitong mga to?*

Dumating ang oras ng lunch. Pakalaglag tulok pa yung tunog ng bell sa labas. Mabilis na hinawakan ni Ci-N ang kamay ko bago pa ko makatayo.

**"Dito ka kakain."** Buong galak na sabi nya.

Bago pa ko maka-protesta, pinalapit na nya kong pilit kay Eman na kasalukuyang naghahanda ng tanghalian.

**"H-hindi pwede."** Sabi ko at tinignan naman nila ko. **"...May naghihintay sakin."**

**"Hindi sya darating."** Sabi ni Felix habang nakangiti. **"...Tinext ko si Kuya sabi ko dito ka samin sasabay."**

Napairap ako sa sinabi nya. Hindi ako kakain dito. Kapa ginawa ko yun para ko na ring sinabi na panalo sila at talo ako. Hindi ko pa rin sila napapatawad.

Marahas akong umalis sa pila at padabog na naupo sa pwesto ko. Kainis! Kumakalam ang sikmura ko pero titiisin ko, alang-alang sa pride.

*Pride, Surf at Tide. Minsan Bonux at Ariel.*

**"Tara na Jay. Kain na."** Aya sakin ni Drew.

Inirapan ko sya. **"Wag mo ko kinakausap, hindi tayo close."**

Kamot batok lang naman sya habang naglalakad palayo sakin. Buset! Hindi ka pa nga bayad sa utang mo ko sakin. Animal na to! Umabot na kami sa Part Two at lahat-lahat.

Hindi nagtagal may nagbaba ng pagkain sa harap ko. Nilagang---kung anung hayop na pwedeng ilaga---pala ang ulam namin, so automatic may mais.

*Parang yung mga Joke ni Author. Mais!*

Tinignan ko kung sinong hudas ang nagbaba sa harap ko non. Nakangiti si Yuri habang nakatingin sakin.

**"Kain na."** Sabi nya pero umiling agad ako. **"...Bakit?"**

**"Pagkinain ko yan, talo ako."** Mabilis kong sabi at napa-buntong hininga naman sya.

Napatingin ako sa pintuan ng makita ko si Josh na may dalang plato na puno ng pagkain. Alam kong hindi para sa kanya yun. Para yun sa alaga nyang pusa na pinangalanan ni Ci-N na Edy kasi daw EvereaDY.

May ideyang pumasok sa isip ko. Mabilis akong tumayo at kinuha yung plato. Lumabas ako ng hindi nililingon ang mga Ulupong kahit tinatawag nila ang pangalan ko.

Nakita ko si Josh sa gilid ng building namin kung saan mapuno. Nakaupo sya sa isang malaking ugat habang pinapakain ang pusang itim.

**"May kailangan ka ba?"** Tanung ni Josh ng hindi lumilingon sakin.

*Lakas ng pakiramdam nito! Creepy mo boooy!*

**"Ibigay mo kay Edy."** Sabi ko habang inaabot sa kanya ang plato.

Tumayo sya ng hindi pa rin lumilingon sakin. **"Masarap pumwesto dito kasi walang masyadong maka-ka-kita."** Umikot sya at nakangiting naka-harap sakin. **"...kung gusto mo syang paka-inin, ikaw ang gumawa."**

Naglakad na sya pabalik ng room pero bago pa sya makalagpas sakin meron syang sinabi.

**"Enjoy feeding Edy."** Sabi nya na parang may ibang meaning.

Tuluyan na syang umalis at iniwan ako mag-isa. Hindi ko gets ang trip nya at parang may masamang espirito na naman ang sumasapi sa kanya.

*Baka na-impakto?!*

Hinarap ko si Edy na kasalukuyang kumakain. Ibaba ko na sana ang plato sa harap nya ng biglang kumalam ang sikmura ko. Ang pangit pa ng tunog parang nagsusumigaw ng '*Pagkain! Pagkain! Pagkain!*'.

Tinignan kong mabuti yung hawak kong pagkain. Kapag kasi kinain ko to, talo ako. Sumusuko na ko sa paligsahan ng pataasan ng pride. Pero kung hindi ako kakain, sasakit ang tyan ko at babaho ang hininga ko.

*Baka magreklamo yung batang kumag.*

Tinignan ko yung paligid. Tama nga si Josh, walang makaka-kita sakin dito. Lingon ulit ako bago maisipang lumapit sa bench sa hindi kalayuan. Naupo ako at sumubo ng kanin at ulam.

Isang subo, pero wala akong malasahan. Isa pa ulit pero parang matabang. Isa ulit at medyo nalalasahan ko. Nguya-nguya ng kaunti at.....subo ulit.

Napatingin ako sa paanan ko ng makita ko si Edy na nakatingin sakin. Nag-meow pa sya na parang nanghihingi ng dala ko.

**"Gusto sana kita bigyan, kayalang gutom ako. Baka ikaw kainin ko sige ka."** Sabi ko sa kanya.

Dinilaan lang nito ang paa at pinunas sa muka. Binalikan ko yung pagkain ko. Tama nga talaga ang Creepy Boooy na yon. Walang maka-kakita na kumakain ako dito.

Sa ganoong paraan hindi ako matatalo sa paningin nila. Sasabihin ko nalang na binigay ko kay Edy ang *foooood*. Kaya pala ganun nalang ang sinabi nya sakin bago sya umalis.

*Enjoy feeding Edy. Baka enjoy feeding myself.*

Patapos na kong kumain may biglang humawak sa balikat ko. Napatayo ako sa sobrang gulat habang subo-subo ang mais sa bibig ko. Muntik ko pang maibato yung platong hawak ko.

Gulat din namang napatingin sakin si Mica----na sya palang humawak sa balikat ko.

**"S-sorry."** Sabi nya.

Kinagatan ko muna yung mais bago alisin sa bibig ko. **"A-ayos lang. Bakit nandito ka?"**

Nagpilit sya ng ngiti. **"Binibisita lang kita."**

Wala naman akong sakit. Anung trip nya at naisipan nya kong bisitahin? Para ilang araw pa lang naman kaming hindi nagkita. Si Calix dapat ang puntahan nya.

Napansin kong malungkot ang mga mata nya. Mukang meron syang problema at naghahanap sya ng kausap.

**"Upo ka. Nagulat ako sayo, kumakain pa naman ako."** Sabi ko.

Umupo naman sya sa bench at ganun din ako. Tinapos ko muna ang pagkain bago kami tuluyang mag-usap.

**"Eto oh."** Sabi nya habang inaabot ang isang pouch na may alcohol, tissue at sanitizer.

Tinanggap ko naman yun at sinimulang linisin ang sarili.

**"Bakit mo pala ako bini-bisita?"** Tanung ko habang pinupunasan ang muka gamit ang tissue.

Hindi sya sumagot kaya naman tinignan ko sya. Napatigil ako kasabay ng bahagyang paglaki ng mata ko ng makita ko syang lumuluha. Pinunasan nya yun at sinubukang umiwas ng tingin pero huli na.

**"May nangyari ba?"** Nag-aalalang tanung ko.

**"Maghihiwalay na kami ni Calix."** Tuloy-tuloy nyang sabi at tuluyang bumagsak ang mga luhang inaawat nya.

Nataranta ako kaya agad kong kinuha yung tissue sa loob ng pouch na inabot nya sakin. Binigay ko sa kanya at tinanggap naman nya.

**"B-bakit? A-anu bang nangyari?"**

Hindi na naman sya sumagot. Patuloy lang sya sa hagulgol. Para bang sobrang sakit ng dinadala nya sa dibdib at ngayon lang sya nagkaroon ng pagkakataon na ilabas yun. Mas lalu akong nataranta.

*Baka may ginawang kalokohan ang mokong!*

**"N-nambabae na naman ba si Calix? Ano? Bumalik sa pagiging playboy? Ano ginawa nya? May sinabi ba sya? A-anung dahilan?"** Sunod-sunod na tanung ko.

Pinilit nyang tumahan at punasan ang mga luha sa pisngi. Makailang ulit pa syang huminga ng malalim.

**"Alam ko na kasi yung ginawa nila sayo..."** Natigilan ako. **"...nagalit ako sa kanya at nag-away kami. Sabi nya hindi ko daw naiintindihan kaya wag ako makisali. Pinili kong wag muna magsalita..."** Kinagat nya yung ibabang labi nya. **"...pero hindi pwedeng manuod lang ako habang nahihirapan ka."**

**"Yun ba yung dahilan kung bakit hindi kayo nag-uusap?"**

Birthday palang ni Ci-N kung napansin kong hindi sila nag-uusap tapos kinumpirma din ni Rakki.

Nag-nod naman sya. **"Hindi ko alam kung bakit kailangan nyang makisali. Hindi na sya nahiya, tinulungan mo kaming magkabalikan tapos ganito yung ginawa nya."**

Napayuko ako. Tama si Mica kung tutuusin. Galit ako sa kanila dahil sa ginawa nila sakin pero hindi ko naman hiniling na maghirap din sila kagaya ng sakit na naramdaman ko.

*Sabi ko nga, Revenge is for weak.*

Ayokong idamay si Mica. Ayoko namang pati sya masaktan. Napabuntong hininga ako.

**"Pero hindi mo ba naisip na kapag nakipag-hiwalay ka, sasayangin mo yung effort na ginawa ko para magkabalikan kayo? Mauuwi sa wala ang lahat tapos sasaktan nyo na naman ang mga sarili nyo."** Paliwanag ko at tinignan naman nya ko.

Alam kong naintindihan nya ang ibig kong sabihin. Alam ko din na nag-aalala lang sya sakin pero ang mga nangyari at ang sakit na naramdaman ko ay sakin nalang.

*Madamot ako kaya akin lang ang sakit.*

**"P-pero Jay----."**

Pinutol ko agad ang sasabihin nya. **"Tama si Calix, hindi ka dapat makisali. Sa kanila at sakin lang ang problemang yun. Kung may dapat kumilos tungkol don sila dapat yon, hindi ikaw."**

Napayuko sya at pinatong ang mga kamay sa tuhod. Unti-unting nagsara ang kamao nya.

**"Wag mo sanang pabayaan ng ganun ang relasyon nyo ng dahil lang sa simpleng gulo."** Sabi ko tinapik ang balikat nya.

Tumayo ako at inabot ang pouch sa pabalik kanya. Kinuha nya yun at tumayo na rin.

**"Salamat sa pag-aalala."** Dagdag ko habang nakangiti.

Bahagya syang ngumiti at binalik na ang pouch sa bag nya. Naglakad na kami pabalik sa room. Saktong pagtapat sa pinto, pinahinto ko sya. Nagtaka man nung una pero ginawa din nya.

Pumasok ako sa room at hinanap si Calix. Nakaupo sya habang nakikinig sa pinag-uusapan nila Eren at Denzel.

**"Calix!"** Tawag ko at halos lahat sila lumingon sakin.

*Lahat kayo si Calix?*

Tumayo sya at halatang hinihintay ang sasabihin ko. Isinenyas ko naman na tumingin sya sa labas. Ginawa naman nya yun. Mabilis pa sa alas-kwatro na tumakbo sya palapit kay Mica.

Hindi ko na tinignan ang eksena nila sa labas. Pumunta na ko sa upuan pero napatigil ako. Mero kasing chutchirya sa ibabaw ng table ko. Nova, Chippy at Piattos.

Tinignan ko naman ang mga Ulupong pero kanya-kanya sila ng iwas. Kuwaring patay malisya sa nangyari. Tinignan ko si Ci-N na may nilalaro sa cellphone nya.

**"Ci, sayo ba to?"** Tanung ko at mabilis syang umiling. **"...Kanino to?"**

Ngumuso sya. **"Sayo."**

Napataas ang isang kilay ko. Ang hirap talaga nya kausap kapag kaharap ang cellphone. Busy dun sa nilalaro nya. Si David naman ang hinarap ko pero tulog ang luko.

*Kulang ba lagi sa tulog ang impaktong to?!*

Pinitik ko ng malakas ang noo nya. Dumilat sya at taka akong tinignan.

**"Bakit ka namimitik?"** Iritang tanung nya.

**"Ay hindi kaya ako yun..."** Lumapit ako sa kanya at bumulong. **"...si Ci-N yun."**

Tumayo sya at mabilis na lumapit kay Ci-N. Pinitik nya yun ng malakas sa noo. Nabitawan naman ng Batang kumag ang cellphone nya at maluha-luha pa syang tumingin kay David ng masama.

**"Tsakit! Inaano kita?!"** Inis na tanung nya.

**"Istorbo ka. Natutulog ako."** Bored na sabi ni David at bumalik sa pwesto nya.

Bago pa sya dumukdok ulit para matulog nagsalita na ko agad.

**"Ikaw ba naglagay nito?"** Tanung ko.

Tinitigan nya yun sandali bago sumagot. **"Hindi. At hindi ko rin kilala."**

*Ang tino kausap ng mga katabi ko. Nakakahiya naman....*

Bumalik sa pagtulog ang luko. Napakamot nalang ako sa batok ko habang nauupo. Tinago ko nalang sa bag yung mga chutchirya. Kung sino man sa mga Ulupong na to ang nagbigay nyan. Mauubos lang pera nya sa wala.

Pero sa totoo lang, parang pamilyar sakin tong nangyayari na to. Para bang nangyari na noon pero sa ibang sitwasyon.

*Weird.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 224

**A/N:** Mais

Sali kayo sa quiz sa group. Hinanda yun ng masisipag naming Admin.

*Sorry nga sa wrong grammar at spelling!*

**Friends**

***Jay-jay's POV***

**"Saan na?"** Mapilit na tanung ko kay Yuri.

Kanina pa andar ng andar yung kotseng sinasakyan namin pero parang hindi naman nun matunton yung Japanese Restaurant na sinasabi ni Yuri.

*Naligaw na yata kami. Pagkain na naging bato pa!*

**"We're almost there."** Nakangiting sagot nya.

Kelan pa kaya yung '*almost*' na yan? Yan nalang lagi nya sagot sakin. Inis akong napanguso at tumingin nalang sa labas. Malayo na kami sa syodad at nasa kung saang lumapalop na kami ng Pilipinas.

Wala na yung mga kabahayan. Puro matatayog na puno na ang nakikita ko. Alam kong nasa highway na kami pero hindi ko pa rin alam ang destinasyon nitong sinasakyan ko at ni Yuri.

*Wag naman sana Final Destination! Jusme!*

Kinabahan tuloy ako kahit hindi naman dapat. Unti-unting bumagal ang sasakyan at lumiko sa isang kanto na parang natabunan na ng sebilisasyon.

Mas matatayog kasi ang puno sa gilid, lupa pa rin at hindi sementado ang daan. Halatang walang ibang sasakyang dumadaan dahil walang bakas ng gulong o kahit anung uri ng sasakyan sa lupa.

**"May Japanese Restaurant dito?"** Pa-inosenteng tanung ko kahit halata naman na walang restaurant dito.

*Anu kayang balak ng hudas na to?*

Tinignan ko yung langit. Malapit ng dumilim tapos nasa kawalan pa kami. Tinignan ko si Yuri at ngumiti sya sakin. *Anak nang..*. Hindi kaya may masamang balak to? Baka balak nya kong.... Balak nya kong....

HOLDAPIN! *Asa naman....* Mas mayaman pa sya sakin, anung mapapala nya sa kagaya ko? Pinilit ko nalang alisin ang pangamba sa isip ko. Alam ko namang hindi sasayangin ng Ulupong na to ang binigay kong chance at tiwala sa kanya.

Tumingin nalang ako sa harap at ganun nalang ang pagkunot ng noo ko ng makita ko ang isang construction site. May boldosor, digger, cement mixer at iba pang gamit na halatang pang malakihang gawa.

*Baka naman gagawin pa lang yung Japanese Restaurant.*

Ipinarada ni Yuri ang kotse sa tabi ng iba pang sasakyan. Bumaba sya at ganun na rin ang ginawa ko. Tinignan ko yung paligid at isang malaking tarpaulin ang bumungad sakin.

*Opening Soon, (Paradise) Resort.*

**"Paradise."** Sabi ni Yuri habang nakatingin din sa tarpaulin. **"Paradise Resort ang ibig sabihin nyan."**

Nag-nod lang ako habang hindi tumitingin sa kanya. Mukang may temang Japan ang resort. Base kasi dun sa drawing may naka-kimonong babae na naka-abang sa pinto habang bahagyang nag-bow.

Binasa ko din yung mga naka-lagay sa gilid. Spa, Salon, Bar and restaurant----*sabi na ginagawa pa lang eh!*

Bahagyang bumagsak ang talukap ng mata ko at inis na tinignan ang luko.

**"Bakit?"** Tanung nya.

**"Saan tayo kakain? Eh ginagawa pa lang ang Restaurant na sinasabi mo."**

Tinawanan nya ko. **"Surprise."**

*Sabi na naging bato yung pagkain.*

Hinawakan nya ang kamay ko at hinala ako pero agad ko naman yung binawi.

**"Bakit may pa-hawak-hawak? Anu yan?"** Sita ko at taka naman nya kong tinignan.

Napakamot sya ng batok ng mapagtanto ang ginawa nya. **"Sorry."**

Inirapan ko sya. **"Saan tayo?"**

Alanganin nyang tinuro ang isang direksyon. Wala naman akong nakita sa tinuro nya kaya sinenyasan ko syang mauna na sa paglalakad at susunod ako.

Ginawa naman nya yun at nagpa-una na. Habang naglalakad tinignan ko ulit yung langit. Tuluyan na kasing nilamon ng dilim ang langit. Madilim na rin ang dinadaanan namin.

Akala ko tutuloy kami sa ginagawang building ata yun o bahay pero biglang lumiko si Yuri papunta sa kung saan at huminto sa harap ng isang tunnel na puno ng halaman. Napangiwi ako dahil sobrang dilim na at halos walang makita sa daan. Palagay ko ay sakto sa tangkad nya ang tunnel.

**"Anu na? Dito nalang tayo?"** Iritableng tanung ko.

Ngumiti sya sakin at kasabay ng bahagyang pagtawa nya ang pagbukas ng maliit na ilaw sa loob ng tunnel. Iba't-ibang kulay na kumakapit sa mga bulaklak.

Napatitig ako sa mga yun. Naagaw kasi ng liwanag na yon ang lahat ng atensyon ko. Huli ko na napansin na sinuotan na pala ako ni Yuri ng koronang bulaklak.

*Saan galing to?! Wala naman syang hawak kanina!*

Taka ko syang tinignan pero nanatili syang nakangiti. Minwestra nya ang braso na para bang sinasabi na umangkla ako. Kahit puno ng pagtataka at alinlangan humawak pa rin ako sa kanya.

Nakatingala ako habang naglalakad. Ang ganda kasi ng mga ilaw. Idagdag pang may kaunting baging mula sa taas ng tunnel. Paglabas namin, malaking puno na binabalot din ng maliit na ilaw ang bumungad samin.

May nakasabit na signage doon ng isang arrow pero puso ang nasa dulo nito, tumuturo ito sa isang maliit na tulay. Pinuntahan naman namin yun.

*Kinakabahan ako ng hindi ko maintindihan.*

Pagdating sa tulay meron din mga ilaw-ilaw sa hawakan sa gilid. Natakot tuloy akong humawak at baka makuryente ako. Sa dulo ng tulay ako tuluyang napahinto.

Nag-simulang tumugtog ang isang pamilyar na kanta at yung pathway sobrang liwanag dahil sa mga ilaw sa gilid at puno rin yun ng petals. Gusto kong magtanong o magreklamo pero parang kusang naki-ayon sa sitwasyon ang katawan ko.

*Oh thinkin' about all our younger years*
*There was only you and me*
*We were young, wild and free.*

Nag-simula kaming maglakad at sundan yung pathway na puno ng petals. Naka-angkla pa rin ang kamay ko sa braso nya.

*Now nothing can take you away from me*
*We've been down that road before*

*But that's over now*
*You keep me comin' back for more*

Napatingin ako sa kanya ng magsimula syang kumanta at sabayan yung parte na sa lalaking vocalist sana.

**" *And baby you're all that I want, when you're lyin' here in my arms. I'm findin' it hard to believe. We're in heaven, And love is all that I need and I found it there in your heart and it isn't too hard to see, Were in heaven* "** kanta nya.

Hindi ko magawang ngumiti o sabayan sya sa kinakanta. Alam ko kung anung ginagawa nya at parang alam ko na rin kung saan kami patungo.

Unti-unting napapalitan ng halaman ang mga ilaw sa gilid ng pathway. At kung tutumbukin ang dulo non, naka-turo yon sa isang Gazibo na napapaligiran ng mga makukulay na bulaklak.

*Oh once in your life you find someone*
*Who will turn your world around*
*Bring you up when you're feelin' down*

Pero mukang hindi doon ang destinasyon namin. Dahil kinuha lang ni Yuri ang isang bouquet ng mga bulak-lak na nakapatong sa lamesa. Knabot nya sakin yun at bumalik na naman kami sa paglalakad.

*Now nothin' can change what you mean to me*
*Oh there's lots that I could take*
*But just hold me now*
*'Cause our love will light the way*

Wala na kaming sinusundang pathway. Purong bermuda grass nalang ang tinatapakan namin. Muli na naman nyang sinabayan yung kanta.

**" *And Baby you're all that I want, when you're lyin' here in my arms. I'm findin' it hard to believe, We're in heaven..*"** Ngumiti sya sakin. **"..*And love is all I need, And I found it there in your heart, It isn't too hard to see, We're in heaven.* "**

Sa totoo lang nangangati ang palad kong tumama sa batok nya. Gustong gusto ko na rin syang tanungin. Naguguluhan ako sa ginagawa nya pero alam ko namang para sakin ang lahat ng to.

Huminto kami sa harap ng isang picnic set na napapalibutan ng maliliit na lamp. Dahan-dahan nya kong pinaupo at patuloy pa rin sya sa pag-ngiti sakin.

**"For the boyish yet so beautiful girl that I love."**

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Hindi ko magawang magpasalamat kahit sa totoo lang, nagandahan ako sa ginawa nya.

**"Y-yuri..."** Halos pabulong kong sabi pero hindi nya ko pinansin.

Hinawakan ni Yuri ang pisngi ko at hinimas yun gamit ang hinlalaki. Kita ko ang pagiging sincere nya sa mga mata pero kasama din ang lungkot. Lumapit sya sakin at hinalikan ako....

*Sa noo!*

Kinabahan kahit don lang nya ko hinalikan. Kanina pa hindi normal ang tibok ng puso ko. Feel nyang mag-dribble sa loob ng dibdib ko.

Muli nya kong hinarap. **"Give me another chance and I'll prove to you how much 'I love you'.**

Unti-unti ulit syang lumalapit sakin at alam ko sa pagkakataon na to. Labi ko ang puntirya nya. Mabilis akong umiwas sa bahagyang paglayo sa kanya.

Kita ko ang pagka-disappoint nya. Pinili nyang yumuko para itago ang mga yon.

**"Yuri."** Tawag ko sa kanya para harapin nya ko pero pinili nyang manatili ng ganun. **"...Yuri. Tumingin ka sakin."**

Napabuntong hininga sya at pinilit tumingin sakin habang may pilit na ngiti.

**"Na-appreciate ko yung ginawa mo pero...."** Parang may kung anung bumigat sa dibdib ko. **"...Ang bilis kasi! May usapan tayo na mag-sisimula ulit pero parang----parang bigla kang nagmadali."**

Napahawak sya sa batok at napayuko. Totoo naman kasi, pero hindi kasali don ang pagpapakilala namin sa isa't-isa non sa Mini Mart.

*Muka akong tanga na nagpapakilala sa kanya non!*

Gusto ko magsimula ulit kami bilang magkaibigan. Hindi yung ganito na nanghihingi ulit sya ng chance at agad-agad pa.

**"S-sorry. Akala ko kasi..."**

Napabuntong hininga ako at binana yung bouquet ng bulaklak. Tinanggal ko din yung koronang bulaklak na nilagay nya sa ulo ko.

**"Salamat dito. Maganda yung ginawa mo."** Sabi ko at mabilis na nagliwanag ang muka nya. **"...pero nagmamadali ka pa rin!"**

Tumawa naman sya at tuluyan ng nawala ang pagka-ilang saming dalawa.

**"Sige, hindi na ko magmamadali."** Sabi nya. **"...Hihintayin ko nalang na ikaw ang manligaw sakin."**

*Whut thu fvck?!*

Tumaas ang isang kilay ko at kulang nalang matanggal yun sa muka ko para sampalin sya. Ulupong pa rin talaga sya.

**"Oh sige. Mamatay ka dyan kaka-hintay."** Sarcastic na sabi ko at tumawa na naman sya.

Kahit papano naging magaan na ang pakiramdam ko. Isang bagay na nararamdaman ko kapag kasama ko si Yuri. Kahit anung awkward ng sitwasyon, unti-unting nawawala yon.

**"Sorry kung nag-madali ako... Nawala sa isip ko yung usapan natin."** Sabi nya habang nakangiti. **"...so, it means that as of now we're---."**

**"Friends."** Dugtong ko sa sasabihin nya.

Lalung lumawak ang ngiti nya. **"With benefits ba yan?"**

Kusang tumaas ang kamay ko para salubungin sya ng sampal. Sinalag nya yon ng braso habang patuloy sa pagtawa. Inulit ko pa gamit ang isang kamay.

**"Sira-ulo! Gago mo!"** Inis na sabi ko habang patuloy sa paghampas.

Tumigil lang ako ng makaramdam ako ng pagod at pananakit ng palad. Panay braso kasi nya ang tinatamaan ko.

*Magkaibigan talaga sila. Pati kamanyakan! Wala akong masabi...*

**"J-joke lang yun. Akala ko kasi sasabihin mo '*we're classmate*' lang."** May kakaibang kislap sa mga mata nya na para bang puno ng pag-asa. **"...masaya ako na tinanggap mo ko as friend."**

Magaan sa loob at parang walang naging problema sa pagitan namin. Ganun ang pakiramdam ko ngayon. Yung pakiramdam na parang ngsimula talaga kami.

**"Ayaw mo talaga ng benefits?"** Habol nya at iniambo ko na ang bouquet pahampas sa kanya.

**"Tsk! Tatamaan ka na talaga sakin!"**

Tumawa na naman sya na para bang tuwang-tuwa sya. May pagkakataon talaga na parang ang weird nya. At isa to sa pagkakataon na yon.

Napahiga pa sya sa picnic cloth na inuupuan namin. **"I'm happy to have you again."** Sabi nya at lumingon sakin. **"...kahit friendzone."**

Ganun siguro talaga kahalaga sa kanya na patawarin ko sya. Sinuklian ko ng ngiti ang mga sinabi nya. Sana ganito nalang kami. Sana ganito nalang na masaya kami sa kung anung meron sa pagitan namin.

Bumangon sya habang hindi inaalis ang tingin sakin. **"Kain na tayo."**

*Yun oh! Yun yung kanina ko pa hinihintay na sabihin nya.*

**"Oo naman! Lapang na... Asan ang chibog?"** Tanung ko at napatingin naman ako sa picnic basket na kinukuha nya.

Binuksan nya yon at nilabas ang plato, platito, baso at mga kubyertos. Hinintay kong maglabas sya ng pagkain pero wala na. Inayos lang nya ang pagkakasalansan ng mga nilabas nyang gamit.

Napangiwi ako. Nagugutom na kaya ako! Kanina ko pa iniisip yung sushi. Badtrip din to si Yuri eh. Lakas man-trip!

**"Ayan ang pagkain natin? Hangin?"** Iritableng tanung ko.

Tinawanan na naman nya ko. Nag-sisimula na kong mairita sa ginagawa nya. Idagdag pang gutom ako at kapag hindi ako nakapag-pigil baka tamaan talaga sya sakin.

Meron syang kinuha sa bulsa. Parang cellphone na maliit pero may antena. Meron syang pinindot at bumukas yun tsaka sya nagsalita.

**"Is the food ready?"** Tanung nya dun.

May kung anung signal disruption akong narinig at dun ko lang napagtanto na radyo pala ang hawak nya.

**"Ready Sir."** Sagot nung nasa kabila.

**"Good. Time to feed the beast."** Sabi nya bago tuluyang itago ang radyo sa bulsa.

*Feed the beast? Ako ba yun?!*

**"Sinong beast?!"**

Ngumiti sya at tumingin sa ibang direksyon. Impaktong to! Tinawag pa kong beast tapos sya ang beauty? Ayos men! Sarap sampalin ng back to back nitong Hapon na to.

Maya-maya lang ay mga taong lumapit samin. May dala silang malalaking plato na binaba nila sa tabi namin. Yung isa naman ay may dalang bucket na puno ng yelo at may nakalagay na bote ng wine.

Nang maayos na ang lahat nagbow sila bago tuluyang umalis. Nagpasalamat naman ako sa kanila.

**"Let's.... Eat."** Mabagal na sabi nya.

Kumakain na kasi ako bago pa nya masabi yun. Kasalanan naman nya! May pa surprise-surprise pa kasi sya. Sana binusog muna nya ko.

**"Tara na! Kain na!"** Sabi ko at kumuha ulit ng kakainin.

Kumain na rin sya. Galit galit muna kami. Wala munang usap-usap. Sa dami ng dinalang pagkain samin feeling ko bibitayin na ko. Pero wala akong pake, basta marami pagkain!

*Food is life Baby!*

May pagkakataon na nagtatanung si Yuri habang kumakain kaya naman nauuwi yun sa kwentuhan. Minsan tungkol kay Aries, kay Mama at syempre kay Kuya Angelo.

**"Nagka-girlfriend ba si Kuya Angelo dati?"** Tanung ko at uminom sa baso ng wine na binigay sakin ni Yuri.

**"Oo yata... Hindi ko sure."**

Napangiwi ako. **"Bakit hindi mo sure? Kala ko ba lagi kayong naka-buntot sa kanya dati?"**

Nagkibit balikat sya. **"Pero hindi ko na inaalam ang personal na buhay nya. Tama ng tinuruan nya kaming maging malakas."**

Uminom ulit ako ng wine hangang sa maubos ko na yung laman ng baso. Binaba ko yung baso at kumuha ng chocolate sa platong nasa malapit sakin.

**"May galit ba kayo kay Kuya?"** Inosenteng tanong ko.

Taka nya kong tinignan. **"Bakit mo naman natanong yan?"**

Napaiwas ako ng tingin. Bahagya kong tinaas ang tuhod ko para yakapin yon.

**"K-kasi... pansin ko si... si Keifer dati, na parang may galit sa kanya."**

Tinungga nya ng mabilis ang basong hawak. Nawalan ng laman yon na parang tubig na nilagok.

**"Masyadong maraming nangyari sa pagitan naming lima. I can't blame Keifer if he's mad at Angelo. Lalu na nung araw na nawala si Percy."** Sinalinan nya ulit ang basong hawak.

Pinag-masdan ko sya habang malalim ang paglagok ng wine. Seryosong-seryoso at parang inaalala ang nangyari sa kanila non.

**"K-kung hindi mo ma-masamain. Anong nangyari?"**

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Yuri's POV***

Tinignan ko si Jay-jay ng magtanong sya. Honestly, there's a part of me that is happy. Nagsisimula na kasi kaming maging okay talaga.

*Kahit Friendzone lang!*

**"Kung hindi ka okay pag-usapan----."**

Mabilis kong pinutol ang sasabihin nya. **"Galit na galit si Keifer."** Natigilan sya. **"...Galit na galit si Keifer ng malaman nyang wala na si Percy."**

***Flashback...***

Nanginginig ang kamay ko habang umiinom ng tubig. Parang ayaw tanggapin ng katawan ko ang gamot na ibinigay sakin ng nurse.

Pero ang totoo ayaw tanggapin ng sistema ko ang lahat ng nangyari. Sobrang bilis.

**"Yuri."** Hahaoya called me. **"...Keifer is awake."**

Kahit makirot ang parte ng binti at hita ko pinilit kong makalakad papunta sa kabilang kwarto kung saan naka-confine si Keifer.

Araw pa lang ang tinatagal namin sa ospital. Kahit walang galos o bali sa katawan pinili ni Hahaoya na ipa-confine ako.

*That accident is a nightmare.*

Nawalan ng malay si Keifer matapos tumilapon palabas ng kotse. Ngayon lang sya nagising at ngayon lang din nya malalaman ang totoo.

**"Remove this thing from me!"** Galit na utos ni Keifer sa isa sa mga nurse kahit halatang nahihilo pa rin sya.

Pilit nyang hinuhugot ang karayom na naka-kabit sa likod ng palad nya.

**"Keifer! Please! Stop! You need to rest!"** Hahaoya scolded him.

Bahagya syang huminahon. Malalim ang bawat paghinga nya. May pagkakataon din na napapahawak sya sa sintido dahil sa sakit.

Pumasok na ko ng tuluyan at naglakad palapit sa kanya.

**"Leave us."** Utos ko sa mga nurse.

Tinignan ko si Hahaoya at nakuha naman nya na kailangan din nyang umalis. Alam ko namang magstay sya sa labas incase na may mangyari.

Pagsara ng pinto ang salubong na kilay ni Keifer ang sumalubong sakin. I know, he's freaki'n confuse.

**"What the hell is going on? Why are we here?"** He ask irritatedly.

Gusto ko sanang sabihin sa kanya to ng mahinahon sya. But knowing Keifer, he can't relax when he doesn't understand a thing.

**"Keifer----."**

**"Where is Aries and Percy?"**

Napalunok ako ng marinig ko ang pangalan ni Percy. Hindi ko alam kung panu sisimulan.

**"Keifer... Si Aries nasa private room sa sunod na floor."** Nakagat ko ang ibabang labi ko. **"...si...si...P-per...Percy."**

**"Yuri."** Biglang naging seryoso ang tinig nya.

I knew he had a clue. It's so hard for me to tell the news about Percy.

**"Percy is...."** I suddenly feel numb in my throat. **"...Percy is..."** A tear fell down from my eye. **"...is d-dead."**

Wala akong narinig na kahit anong sagot mula kay Keifer. Huminga ako ng malalim para pigilin ang mga luha ko. Nakatingin lang sya sakin habang parang hindi nagpo-proseso ang sinabi ko sa kanya.

**"This is a joke, right? Nan-ti-trip na naman ba si Percy? Dinamay ka pa talaga nya. Tatamaan sya sakin mamaya."** Sabi nya at parang naiinis nga talaga kay Percy. **"...Can you tell me his Room number? I'll visit him later and make him pay."**

Hindi ako makasagot. Hindi ko alam kung naintindihan nya ba ang sinabi ko sa kanya o ayaw lang talaga nyang maniwala.

**"K-keifer... I'm not joking. What I said is true."**

He looks at me with his death glare. I almost step back but i remain my posture. Kailangan nyang intindihin na totoo ang sinasabi ko sa kanya.

Napahawak sya ng mahigpit sa ulo. Kasabay non ang halos pagsigaw nya dahil sa sakit. Lalapit na sana ako sa kanya ng bigla nyang tanggalin ang dextrose. Pinilit nyang tumayo kahit hindi nya kaya.

Paglapit ko sa kanya para tulungan sya, mabilis nya kong kinwelyuhan.

**"Damn it Yuri! You know how I hate unfunny jokes."** Inis na sabi nya.

Tinanggal ko ang kamay nya sa kwelyo ko at sinabayan ko ang tingin nya.

**"This ain't a joke! Percy is Dead."**

Napahawak na naman sya sa ulo nya at napaupo sa sahig. Tatawag na sana ako ng nurse at doctor pero hinawakan nya ang dulo ng suot kong hospital gown.

**"W-what happened?"** Malumanay nyang tanung.

**"M-mamaya na natin pag-usapan. Kaylangan kang matignan ng doctor."** Sabi ko pero hinawakan nya ko sa balikat para makatayo sya.

**"I don't care! I want to know what happened!"** Sigaw nya sakin.

Halong sakit at galit ang nakikita ko sa mga mata nya. Ayoko na sanang magsalita. Kailangan nyang matignan, hindi normal ang sakit na nararamdaman nya sa ulo nya.

**"Yuri!"** Sigaw nya kasabay ng bahagyang pag-yugyog sakin.

**"K-keifer... Nahulog yung kotse..."** Napalunok ako. **"...at kasama don si Percy."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 225

**A/N:** Sinabing sorry na nga! Sorry sa wrong grammar at spelling! Bakit ka nagagalit?! 😂😂

Tatlo lang muna ang UD. Dapat apat kaya lang inulit ko yung 226. Masyado kasing maaga para sa eksenang yun.

**Friendship Over**

***Yuri's POV***

***Continuation of Flashback...***

Sunod-sunod ang pagsigaw ni Keifer dahil sa sakit. Makailang beses nyang sinabunutan ang buhok nya.

**"We are waiting for the CT scan and MIR results. Sa ngayon pain reliever lang muna ang binigay namin sa kanya which will effect in few minutes."** Sabi ng Doctor samin

**"Thank you, Doc."** Keiren answered.

**"No problem. If you need something or have some questions don't hesitate to ask."**

Tuluyan ng lumabas ng kwarto ang doctor. Nakaupo lang ako habang nakatingin kay Keifer na pagulong-gulong pa rin sa sakit.

Lumapit sakin si Hahaoya at tinabihan ako. **"Yuri, balik na tayo sa room mo? Kailangan mo ng magpahinga."**

**"*Watashi wa koko ni tomaritai.*"** (I would like to stay here.)

***"Dakedo----."*** (But----)

***"Hahaoya... Onegaishimasu. Watashitachiha otagai ga ima hitsuyōdesu. "*** (Mother, please. We need each other now.)

Nag-pilit sya ng ngiti sakin. **"Okay, I understand. But please don't forget to take your medicine."**

Nag-nod ako. Nag-paalam sya na babalik muna sa kwarto ko. Iniwan muna nya ko dito kagaya ng gusto ko. Sinubukan din nyang ayain si Keiren na sumama sa kanya pero nagpaiwan din sya kagaya ko.

Unti-unti tumitigil si Keifer sa pagsigaw hangang sa tuluyan na syang makatulog. Sandali akong umayos ng upo at bigla nalang kumirot ang binti at hita ko.

*Pero mas masakit ang nararamdaman ko sa loob.*

**"Magiging okay din si Kuya diba?"** Keiren ask.

I force a smile. **"Syempre naman... Si Keifer pa."**

Tumayo sya mula sa sofang inuupuan at lumipat sa tabi ko. Malungkot ang mga mata nya. Kasalukuyan pa nga pa lang hinahanap si Keigan tapos eto naman ang nangyari samin ni Keifer.

**"Sana andito si Kuya Keigan."** Dinig kong bulong ni Keiren.

Ginulo ko ang buhok nya. **"Andito kami para sa inyo ng Kuya mo."**

Sandali pa kaming nag-usap hangang sa makatulog kami pareho. Nagising lang ako ng makarinig ako ng gumagalaw sa loob ng kwarto.

Pagmulat ng mata ko nakita ko Keifer na nakaupo sa gilid ng hospital bed at nakatulala. Walang buhay ang mga mata nya. Dahan-dahan akong tumayo at lumapit sa kanya.

**"Keifer... M-may masakit ba sayo? Tatawa----."**

**"Yuri..."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...Do you still remember anything from the accident?"**

Napaawang ang bibig ko. Alam kong magtatanung sya ng tungkol don pero hindi ko pa napag-iisipan ang isasagot ko.

**"I-i don't."** Kusang lumabas sa bibig ko ang mga salitang yun.

*Bullshit Yuri!*

Natatandaan ko pa. Natatandaan ko na nasa loob si Percy at Aries. Ayokong sabihin yon kay Keifer. Alam kong sa nangyaring to, maghahanap ang lahat ng pwedeng sisihin.

**"Kumusta si Aries?"** Tanung ulit nya.

Ang totoo, hindi ko pa binibisita si Aries. Si Angelo pa lang ang nakaka-harap ko at sya na rin ang nagsabi sakin na wag muna syang puntahan. Hindi pa rin daw kasi sya nagsasalita at hindi magandang makita kami agad dahil baka isipin nyang sinisisi namin sya.

**"I'm not sure but Angelo said that he's alright."**

Bigla nalang syang tumayo at tinanggal na naman ang dextrose. Mabilis syang naglakad palabas. Sinubukan ko syang habulin pero kumikirot ang hita ko.

Saktong paglabas ko ng pinto ang pagdating ni Hahaoya. Taka at puno ng pag-aalala ang itsura nya habang nakatingin sakin.

**"Yuri----."**

**"Please... Pakitignan nyo po muna si Keiren. Susundan ko lang si Keifer."**

Hindi ko na hinintay ang magiging sagot nya. Kahit masakit ang bawat paghakbang ko pinilit kong abutan si Keifer. Nakasakay na sya sa elevator ng mahabol ko sya.

**"Saan ang room ni Aries?"** Seryosong tanung nya.

**"You have to rest Keifer! What do you need from him?!"**

Hindi sya sumagot. Pinindot lang nya ang floor number na sunod ng floor na kinalalagyan namin. Hindi ko alam ang gustong gawin nya. Wala akong mabasa sa mga kinikilos nya.

*But I feel nervous!*

Pagbukas ng pinto ng elevator. Mabilis syang lumapit sa isang nurse station.

**"Saan ang kwarto ni Aries Fernandez?"**

**"S-sir?"** Medyo gulat na sagot sa kanya ng nurse.

**"Where is Aries Fernandez?!"**

Kinuha ng isang nurse ang telepono at nag-dial ng number. Mukang balak nitong tumawag ng security. Agad naman akong lumapit sa kanila para awatin si Keifer.

**"Mamaya nalang natin sya puntahan. Baka nagpa----."**

**"I don't fvcking care!"**

**"Sir! Huminahon po kayo!"** Awat naman ng isang nurse sa kanya.

**"Just tell me his fvcking room!"**

**"Keifer! Tama na!"**

Akmang lalapit na ang ilang nurse ng may humablot kay Keifer at pabalibag syang sinandal sa pader.

Pare-pareho kaming natigilan. Walang reaksyon si Angelo habang masama naman ang tingin ni Keifer sa kanya.

**"What do you think your doing?"** Maotoridad na tanung ni Angelo.

Mabilis syang tinulak ni Keifer. **"Asan si Aries? May gusto lang akong malaman."**

Tumingin sa ibang direksyon si Angelo na sa tingin ko ay ang kwarto ni Aries mismo ang tinitignan nya.

**"Nagpapahinga sya. Bumalik ka nalang sa ibang araw."** Mabilis na sagot nya.

Akmang itutulak nya si Keifer paalis pero sinalag lang nito ang kamay nya. Ang mahinahong itsura nya ay mabilis na napalitan. Nagsalubong agad ang mga kilay nito.

**"Anung nangyari? Bakit namatay si Percy?"** Tanung ni Keifer.

Tinignan ko ang mga nurse na parang nanonood sa kanila. Ganun din ang ginawa ni Angelo.

**"May bakanteng kwarto ba kayo na pwedeng hiramin? Kailangan lang naming mag-usap."** Sabi nya sa mga nurse.

Mabilis naman nilang tinuro ang kwarto sa hindi kalayuan. Agad na nagpunta don ang dalawa at sumunod naman ako. Pagsara ng pinto....

**"Damn it! What were you thinking?! You get too much attention!"** Galit na sabi ni Angelo kay Keifer.

**"Gusto kong malaman kung anung nangyari? Kung bakit nawala si Percy ng ganun-ganun nalang!"**

Tinignan ako ni Angelo na parang nagtatanung. Siguro iniisip nya kung bakit wala akong sinabi. Ayokong magsalita, ayokong mang-galing sakin.

**"Nalaglag ang kotseng----."**

**"Alam ko na ang bagay na yan!"** Putol nya sa sasabihin ni Angelo. **"...gusto kong malaman kung bakit wala kayong ginawa!"**

**"Meron kaming ginawa."** I enterupt. **"...nag-request na kami ng rescue mission para hanapin---."**

**"What rescue mission?! Are you telling me that there's no dead body?! Then how can you make conclusion if there's no body found?!"** Halos magdilim na ang mata nya dahil sa galit.

**"Nakita na yung kotse.... Kotse ko to be exact. Kotse kong itinakas nyo para magawa yung mga kalokohan nyo!"** Sinabayan ni Angelo ang galit na mata ni Keifer. **"...Pero walang katawan sa loob. Sa lakas ng agos sa ilog at sa taas ng binagsakan ng kotse. Tingin mo may mabubuhay pa don?! Mag-isip ka nga Keifer!"**

Napayuko ako. Kung tutuusin kasalanan nga namin tong nangyari. Kung hindi namin inuto si Aries na sumama samin hindi mangyayari to. Pero nangyari na, anu pang saysay ng sisihan.

**"Dahil matibay si Percy! Alam kong mabubuhay sya! Alam kong----."**

**"HE IS DEAD! Police na ang nag-declare. It's been 72 hours simula ng mawala sya."**

Parang may kung anung sumusuntok sa puso ko. So hard to believe. Ang hirap isipin na tinawag pa nya ko para sa isang picture habang nasa loob ng kotse bago mangyari ang aksidente.

**"Kitang kita ni Aries kung panung nalaglag ang kotse----."**

**"At wala man lang syang ginawa?!"**

**"Keifer!"** Sita ko sa kanya.

**"I know you're fvcking devastated right now. But you need to understand! Wala ka sa lugar na yon kaya hindi mo alam kung ganu kahirap kay Aries na ilabas si Percy sa kotse!"** Huminga si Angelo ng malalim. **"...kahit sya muntik na ring hindi makalabas don. Kaya isipin mo naman sana yung nararamdaman nya."**

Sang-ayon ako sa sinasabi ni Angelo pero sa mga oras na to. Sarado na ang utak ni Keifer na tumanggap ng paliwanag.

**"Magkasama si Aries at Percy sa kotse?"**

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa sinabi nyang yun. Tinignan ko si Angelo, kulang nalang sigawan ko sya at sabihin sa kanya ang mali nya.

No one speaks. One word from any of us and Keifer will explode like a bomb. Hindi ko inaalis ang tingin kay Angelo at ganun din sya kay Keifer.

**"Magkasama sila sa kotse?!"** He ask again.

Ilang segundo pa ang lumipas at bigla nalang syang humarap sakin. Lalabas sya ng pinto at alam kong pupuntahan nya si Aries. Sinubukan kong humarang pero hinawi lang nya ko na parang kurtina.

*Damn it, Keifer!*

Bumagsak ako sa sahig at nagsimulang kumirot ang hita at binti ko. Sinubukan akong tulungan ni Angelo.

**"Habulin mo si Keifer!"** Sigaw ko at ginawa naman nya.

Nagpahinga ako ng ilang saglit bago lumabas ng tuluyan. Malayo pa ko pero naririnig ko ang pagsigaw ni Keifer. Galit na galit sya at panay ang mura. Pati mga nurse nagkakagulo na din.

May mga taong sumisilip mula sa ibang kwarto. Halatang naistorbo ng pagwawala ni Keifer. Paglapit ko sa kwarto ni Aries, inaawat na sya ni Angelo habang pilit kumakawala.

Nasa sahig si Aries habang puno ng dugo ang muka.

**"Namatay si Percy ng dahil sayo! Hinayaan mo syang mamatay!"** Galit na sigaw ni Keifer.

**"Stop it Keifer!"** Sigaw ni Angelo at pilit pa rin syang hinahatak palabas.

**"I WILL NEVER FVCKING FORGIVE YOU!"**

Kita ko ang paghihirap ni Angelo na pagilan sya. Hangang sa may ilang nurse na ang lumapit sa kanila at naki-awat. Isang nurse naman ang nagsaksak ng injection sa kanya.

Segundo lang ang binilang at unti-unting nanghina si Keifer. Ilang sandali pa at nawalan na sya ng malay. Nakatingin lang ako sa kanila.

Nakatingin lang ako sa mga kaibigan kong nakasama ko sa lahat ng pangyayari sa buhay ko. Nakatingin lang ako sa pagkakaibigan namin na mukang nasisira na dahil sa pagkamatay ng isa.

Gusto kong humingi ng tawad. Wala akong nagawa para sa kanila. Pakiramdam ko wala akong kwenta.

*Patawarin mo ko Percy....*

***EndOfFlashback...***

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

**"Nagatungan pa yung gulo na yon dahil sa issue kay Ella at pambubumbog kay Aries sa cafeteria."** Dagdag ni Yuri.

Yun din yung naging dahilan kung bakit hindi na makapunta ang Section E sa cafeteria noon.

**"Ang kitid talaga ng utak nya."** Medyo inis kong sabi. **"...tama naman si Kuya Angelo! Wala sya don, hindi nya nakita yung nangyari! Bakit kay Aries lang nya isisisi ang lahat?!"**

**"I can't blame Keifer."**

Taka ko syang tinignan. **"Bakit?"**

**"Dahil yun na ang ginagawa nya sa sarili nya noon pa. He's blaming himself for not being there and for being unconscious while his friend is dying."** Huminga sya ng malalim at binaba ang basong hawak. **"...lagi nyang ginagawa yon. Kapag may maling nangyari, sarili nya ang sinisisi nya. Iisipin nya na kasi wala sya don kaya nangyari yon."**

*Feeling naman nya mapipigilan nya yung mangyayari kung andun sya.*

**"Panu mo nasabi?"**

**"Sinasabi nya sakin. Kapag naninigarilyo kami o kaya naka-inom."**

Napanguso ako. Kakaiba talaga ang closeness nilang dalawa. Bromance na ang datingan. Hindi kaya bakla sila?

**"Bakit si Aries ang inaway nya kung sarili nya pala sinisisi nya? Trip lang, ganon?"**

Bahagya syang tumawa. **"No. He's done blaming himself. Kaya sisihin nya kung sinong dapat sisihin."**

*Ay saltik talaga ang isang yon.*

Wala akong masabi sa Hari ng mga Ulupong. Pero parang ang hirap nga ng nangyari sa kanila. Akala nila nawalan sila ng kaibigan tapos isang araw susulpot sa harap nila at alive na alive sa kalokohan.

**"Anu pa lang naramdaman nyo nung nagpakita si Percy?"** Tanung ko ulit.

**"Iba-iba. Shock, happy, sad, anger.... threat.** Halos pabulong ang huling salitang sinabi nya.

Naiintindihan ko. Sinabi na nila sakin yun ng malaman nila na buhay sya. Baka may balak syang maghiganti at ako ang gagamitin nya.

Pero kagaya nga ng sinabi ni Percy. Hindi sya ganung tao, hindi sya kagaya ni Keifer. Parang may kung anung tumusok sa puso ko.

*Eto na naman.... Parang cycle lang. Paulit-ulit umaandar sa utak ko*.

**"Ayos ka lang Jay?"** Tanung ni Yuri na nagbalik sakin sa reyalidad.

**"O-oo... May nararamdaman lang ako sa tyan ko."**

**"Baka na-impatso ka. Takaw mo kasi."** Pang-aasar nya.

Napasimangot ako. **"Naranasan mo nabang tamaan ng plato sa muka?"** Sarkastikong tanung ko habang hawak ang plato malapit sakin. **"Gusto mo masubukan?"**

Bahagya syang tumawa at nag-peace sign. Pasalamat sya gwapo sya. Sayang kung tatamaan ng plato ang muka nya. Pero mas sayang kung kintab ng plato.

*Yung pwede ka n manalamin sa sobrang kintab.*

Sandali pa kaming nagkwentuhan tungkol naman sa lugar. Napag-alaman ko na ideya nya pala ang resort na to. Beach resort daw talaga to pero medyo inalayo sa dagat dahil balak gawing malaking infinity pool yung daan papunta sa beach mismo.

Marami pa daw sana syang balak ipakita sakin pero pinauna nyang ipatapos tong garden na to dahil balak talaga nyang mag-set ng garden dinner pero nauwi sa picnic style.

*Hanep sa effort.*

Inabot din ng ilang oras bago maisipan umuwi. Iniwan na ni Yuri yung mga pinag-gamitan naming untensils at plato. Mga tauhan nalang daw nya bahala maglinis.

Yakap-yakap ko yung bouquet ng bulaklak habang naglalakad kami pabalik sa kotse nya.

**"Salamat sa dinner. Namiss kong kumain ng sushi."** Sabi ko at bahagya syang sinuntok sa braso.

*Yung sushi lang talaga nagustuhan ko sa lahat!*

Napangiwi sya at hinimas ang braso. **"Welcome. Tara na, hatid na kita. Malayo pa byahe."**

Nag-nod naman ako at sumakay ng kotse. Habang nasa byahe ilang beses kong narinig na tumunog ang phone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at tinignan.

Meron akong message galing kay Kuya Angelo at sa GagongBaliw. Inuna kong buksan yung kay Kuya dahil meron na rin syang mga miss called.

**From:** *Kuya Angelo*
**Message:** *where are you? Bakit ayw mong sagutin ang phone mo?*

Bahagya akong kinabahan kaya naman mabilis akong nagreply at sinabing pauwi na. Sunod kong binuksan ang message sakin ng GagongBaliw. Medyo nagtaka pa ko dahil sunod-sunod ang mga yun.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *hey, i miss you.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *R u busy?*
(*Are you busy?*)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I really wanted 2 talk 2 u.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Can i Call u?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *c'mon, i want to hear ur voice.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *where r u?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *who's with u?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Jasper Jean.*

**"Sinong katext mo?"** Tanung ni Yuri.

Sandali akong napatingin sa kanya bago ibalik ang cellphone sa bag ko.

**"Si K-kuya... Hinahanap na nya ko."** Sagot ko.

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Ewan ko pero pakiramdam ko hindi ko dapat sabihin sa kanya na may katext akong GagongBaliw. Hindi ko alam kung bakit pero malaking bahagi ko ang mas gustong ilihim sya.

*Gusto kong ako ang maka-alam kung sino sya.*

**"Nag-usap na kayo ng Kuya mo tungkol sa... Cancellation ng engagement?"** Alanganing tanung nya.

**"Hindi pa."** Halos pabulong kong sagot.

**"Wala syang sinabing kahit ano?"**

**"Wala."**

**"Hindi ka naman siguro nya sesermonan."** Nakangiting sabi nya. **"...Nagpasalamat pa nga sya samin."**

Nangunot ang noo ko sa sinabi nya. Nagpasalamat? Para saan? Ang weird yata non.

*Baka wala sa sarili si Kuya Angelo non.*

**"Panung nagpasalamat?"** Takang tanung ko.

Sandali nya kong tinignan bago humarap ulit sa daan. **"Ayaw ka daw kasi nyang idamay sa problema ng company."**

Yung namilog bigla yung mata ko. Parang gusto kong magtatalon sa tuwa. Ayaw talaga ni Kuya na ipakasal ako. Napipilitan lang talaga sya.

*Gwapo talaga ni Kuya Angelo. Labs labs ko yun!*

**"T-talaga? Sinabi nya yun?"**

Nag-nod sya habang nakatingin sa daan. **"Ang totoo, noon pa nagbibigay ng ibang business proposal samin si Angelo. Yung walang involve na kasal. Kayalang sinabihan ko si Tanda na wag tanggapin."**

Nawala yung ngiti ko at parang feel kong sapakin tong kausap ko. Buti nalang at biglang pumasok sa isip ko na tapos na yon. Noon pa yon at hindi na kami engage ngayon.

*Kalma lang, kalma.*

**"Ginawa mo yun? Sira-ulo ka talaga."** Medyo inis na sabi ko.

Bahagya syang tumawa na parang okay lang talaga sa kanya yung ginawa nya. Pasalamat tong mokong na to nabusog ako. Kung hindi nasapak ko na sya.

Natahimik ako ng may bigla akong naalala. Yung pag-lalasing ni Kuya nung nakaraan at yung pagiging miserable ng itsura nya.

**"P-panu pala yung partnership ng company nila Kuya sa inyo? Wala nabang pag-asa yon?"** Tanung ko.

Kita ko ang pag-lungkot ng muka nya kahit sa daan sya naka-tuon. Dun pa lang may hula na ko sa magiging sagot nya.

**"I'm sorry Jay. Hindi na ko pinayagan nila Tanda na maki-alam sa usapin na yon."**

*Sabi na eh!*

Alam ko naman kasing hindi papayag si Yuri na pabayaan ng ganun si Kuya. Mukang hindi nga natuwa ang pamilya nya sa nangyaring pagtigil ng engagement.

**"...Pero yaan mo kapag may pagkakataon kakausapin ko si Otosan."**

Kahit nabigyan ako ng pag-asa sa sinabi nyang yon, hindi ko pa rin maiwasan na malungkot. Halos makuba na si Kuya sa pagta-trabaho. Ultimo, magka-girlfriend hindi na nya nagawa.

Nagtagal nga ang byahe namin dahil sa layo. 9pm na ng makarating kami sa bahay. Hindi ko na sya pinababa para ihatid ako sa gate. Masyado na kasing gabi.

Yakap-yakap ko pa rin ang bouquet na bigay sakin ni Yuri ng pumasok ako sa bahay. Patay ang ilaw sa sala pero may liwanag sa may hagdan. Didiretso na sana ako papunta sa kwarto ng biglang bumukas ang ilaw.

Nakaupo si Kuya Angelo sa sofa habang may hawak na baso at may bote ng alak sa lamesita sa harap nya. Seryoso syang nakatingin sakin.

**"What time is it?"** Walang buhay nyang tanung.

*Hmmm... Time to sleep?*

**"A-alas nuebe."** Halos pabulong kong sagot.

Lumipat ang tingin nya sa bouquet ng bulaklak na yakap-yakap ko. Binaba nya ang basong hawak at unti-unting tumayo.

**"Kanino galing yan?"** Tanung nya habang lumalakad palapit sakin.

Napahakbang ako paatras. **"K-kay..."**

**"Kay Keifer ba?"**

Umiling ako pero parang hindi nya tinanggap ang sagot ko. Nagulat ako ng makitang nanlilisik sa galit ang mata nya.

**"Halos gumapang kami dito dahil sa mga problema pero ikaw nagawa mo pang makipag-date."** Madiin nyang sabi.

Napatigil ako sa pagatras ng duruin nya ang ulo ko. Sa sobrang diin ay napapikit ako. Gusto kong umaray dahil sa sakit pero pinili kong itikom ang bibig ko.

**"Sya ba dahilan kaya ayaw mong magpakasal kay Yuri?"** Dinuro na ulit nya ang ulo ko. **"...sya ba mas gusto mo? Pipili ka nalang yung latak pang katulad mo."**

*Latak?*

Yun pala ang tingin nya sakin. Aaminin ko nasaktan ako sa sinabi nya. Latak sa lipunan kagaya ng mga kabataang walang kinabukasan.

Bigla nalang nyang hinablot ang bouquet sakin. Bumagsak ang mga luha ko kasabay ng pagka-bigla. Natatakot ako kay Kuya dahil sa ikinikilos nya.

Sandali nyang tinignan yung bulaklak bago yun ibalibag sa sahig. Sumabog ang mga petals nun sa ere. Hindi pa sya nakuntento a sinipa-sipa pa yun sa sahig.

Hinarap nya ako at tinuro ng daliri nya. **"Layuan mo si Keifer."**

*Tanga mo! Si Yuri nagbigay nyan.*

Hindi ko na hinintay ang sunod na sasabihin nya. Mabilis akong tumakbo papasok ng kwarto at nilock ang pinto. Pinahid kong pilit ang mga luha ko.

Hindi ko alam kung bakit nagkakaganon si Kuya pero yung tuwa ko kanina nung sinabi ni Yuri na ayaw akong ipakasal ni Kuya, nawala yun lahat at napalitan ng takot.

*Hindi ko maintindihan si Kuya.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 226

**A/N:** Hindi po ako Ka-Pampangan. I don't live in Pampanga. Bataan po ako, but there is a place here that somehow speak kapampangan. Ayun, na-adopt namin minsan yun mga words nila.

## Gift

***Jay-jay's POV***

Ma-angot pala sa hininga ang boy bawang. O sadyang mabaho lang ang hininga ko?

*Ewwness... Hindi nag-toothbrush?*

Gago! Naturingan kang konsensya pero hindi mo alam na nag-toothbrush ako. I brushed my tooth! Oo, tooth. Isa lang.

Pumasok kasi ako ng walang laman ang tyan. Hindi ako nag-almusal sa bahay, balak ko sanang bumili sa Mini mart pero sadyang malupit sakin ang tadhana. Paubos na ang allowance ko at kailangan ko pang pagkasyahin yun.

Napilitan akong pumasok ng Tom Jones. Pero mabait pa rin sakin ang langit. Dahil pag pasok ko, may nakalagay na chutchirya sa table ko. Wala sana akong balak pansinin yun pero tawag na ng sikmura ang nangibabaw.

*Gandang almusal nito!*

Napilitan akong kainin yun. Kung sino mang talipandas ang nagiiwan ng pagkain sa lamesa ko, ngayon lang ako magpapasalamat sa kanya.

**"Uy! Penge naman."** Sabi ni Ci-N habang kumukuha ng chutchirya.

Hindi na ko nakapalag. Hawak na kasi nya at binubuksan na. Tuwang tuwa naman sya habang kumakain.

**"Hindi mo ba kilala kung sino nag-iiwan nito dito?"** Tanung ko sa kanya habang binubuksan ang isang Pillows.

Umiling sya. **"Hindi."**

Naningkit ang mata ko sa kanya. Bakit parang wala akong tiwala sa sagot nya? Minsan ng naglihim sakin ang Batang Kumag na to, at hindi malabong ulitin nya yon.

**"Yung totoo?"**

Sumubo muna sya bago magsalita. **"Hindi talaga... Pero----."** Nilunok nya muna ang kinakain. **"...Pero nadinig ko sila. Sabi nila, susuyuin ka daw nila kagaya ng ginawa namin ni Yuri. Kaya malamang isa to sa paraan nila ng panunuyo."**

*Susuyuin?! Nang ganun-ganun lang!*

Anu akala nila basta-basta ako bibigay? Binigyan ko ng pagkakataon sila Ci at Yu dahil bukod sa panunuyo nila, aminado silang nagkamali sila. Eh silang mga Pesteng Dimunyung Ulupong?! Taas noo pa minsan kapag humarap sakin.

Tapos suyo-suyo lang?! Hindi uy! Matigas to men! Kulang ang chutchirya sa buong pinas bago mapapayag ng mga ugok na to.

Tumayo si Ci-N at dumiretso sa likod para kumuha ng tubig sa water dispenser. Nagpakuha na rin ako dahil umandar na naman ang sakit ko.

*May sakit ako.... Tamaritis! Only tamad people feel this! Hehehe*

Dumating si Sir Alvin kaya napilitan akong linisin na ang mga kalat sa table ko. Nagsimula ang klase at parang bumalik kami sa dati ni Ci-N at David.

Yung tipong pagtalikod ni Sir habang nagtuturo, paglalaruan namin si David na natutulog at aarteng walang nangyari kapag nagising sya.

Kahit nakakatuwa, hindi ko mapigilan na hindi maramdaman na parang may kulang. Tumingin ako sa likod at napatingin sa upuan ng Hari.

*Panu kung hindi na talaga sya bumalik?*

Lumipat ang tingin ko kay Yuri na kasalukuyang nagsusulat. Concentrate ang luko at hindi maalis ang tingin sa board. Yung ang angas nyang tignan dahil sa pulang buhok tapos nerd naman pala.

Binalik ko ang tingin sa harap at kuwaring nakinig din kay Sir----kahit hindi naman talaga. Natapos ang klase nagbilin si Sir ng review dahil next month na ang pang-apat na exam.

Pagkatapos non, yung Post-Final exam. Dun na malalaman kung pwede maka-graduate ang istudyante o hindi. Bakit kaya may ganun pa? Panu kung pasado sa lahat ng exam pero bagsak naman don? Edi hindi ga-graduate?

*Sakit yata sa damdamin non.*

Habang naghihintay ng sunod na teacher, nakarinig kami ng ingay sa labas lang ng room namin. Sila Denzel na nasa tabi ng bintana ang sumilip.

**"Mga Section D."** Sabi nya.

Akmang tatayo na ang mga Ulupong para puntahan ang mga Section D sa labas ng biglang may naghagis ng paputok sa loob ng room namin.

Yung tinatawag na Sintoron ni Hudas. Nabigla kami pare-pareho at napalitan yung ng takot ng makita naming may sindi ang mitsa non. Dali-dali kaming nagtakip ng tenga ng sunod-sunod na pumutok non.

Naipon ang usok sa loob ng room. Nagpuntahan kami sa bandang likod ng room para makalayo sa paputok.

Panay ang sigaw ni Ci-N pero hindi ko marinig ang sinisigaw nya.

**"Inaatake tayo! Katapusan na natin! Malapit na tayong mamatay!"** Sigaw nya na huli ko na naintindihan.

*Paputok lang yan! Hindi Armalite!*

Panay pa rin ang putok non at ang masama pa, halos hindi na makahinga ang iba samin dahil sa usok. Gusto ko ng lumabas pero hindi ko magawa dahil malapit sa pinto yung paputok.

Napatingin ako kay David ng mapansin kong naka-dukdok pa rin sya sa table nya at tulog na tulog. Ewan ko lung manhid ba ang luko at hindi man lang maramdaman o marinig yung paputok.

**"HOY! DAVID!"** Sigaw ko pero mas malakas pa rin ang paputok.

**"SI DABID! PATAY NA YATA!"** Sigaw ni Ci-N sa mismong tenga ko.

Napailag ako, panu talsik pa ang laway nya. Muntik ng maligo ang muka ko.

*May rabis pa naman to!*

Dahil hindi gumagalaw si David sa kinauupuan nya. Binato ko sya ng notebook na nadampot ko. Sampol sa ulo.

Gumalaw sya at umubo ng umubo. Nahirapan sigurong huminga dahil sa usok. Tumayo sya at tinanggal ang headset sa tenga.

*Kaya pala hindi nagigising dahil sa ingay.*

Lumingon sya at parang hinanap kami. Mabilis naman syang lumapit samin ng makita kaming lahat na nagkumpulan sa likod.

**"Anong nangyari?! San galing yan?!"** Tanung nya.

Bigla nalang sumakay si Ci-N sa likod nya habang paulit-ulit na sumisigaw.

**"INAATAKE TAYO NG TERORISTA! MA-MAMATAY NA TAYO!"**

Hindi na nakapag-salita pa si David. Sakal-sakal kasi sya ni Ci-N habang niyu-yugyog mula sa likod.

Kinusot ko ang mata ko. Humahapdi na kasi yon dahil sa usok. Pakiramdam ko pinipiga ang baga ko at nagsisimula na kong mahirapang huminga.

*Mamatay yata ako dito dahil sa suffocation.*

Napatingin kami sa likod ng makarinig kami ng bumagsak na bagay. Tumumba ang water dispenser habang kinukuha ni Blaster ang galon.

Marami pang laman yun kaya naman nahirapan sya nung una. Buong lakas nyang binuhat yon at binato sa paputok na nasa harap.

Segundo lang ang binilang at tumigil ang pagputok. Labak nga lang ang sahig.

**"Namatay na! Lumabas na tayo!"** Sigaw ni Eman at yun nga ang ginawa namin.

Tinulungan ako ni Yuri na makatayo at inalalayan hangang sa makalabas. Kanya-kanya ng paghahabol ng hininga. Halos hikain ang iba samin.

**"Anu ba?! Bumaba ka nga?!"** Inis na sabi ni David habang pinapa-alis si Ci-N sa likod nya.

**"Ayaw! Dito na ko titira sa likod mo!"**

*Baliw talaga! Anu yang likod ni David? Bahay?*

Napapailing nalang kami. Sa kabila ng nangyari samin may enerhiya pa syang mangulit. Samantalang kami pare-parehong hindi nakahinga sa loob. Buti nalang at nakaisip agad ng paraan si Blaster.

**"Nagustuhan nyo ba regalo namin?"**

Pare-pareho kaming napatingin sa nagsalita. Si Mykel kasama ang ilan sa Section A at syempre yung mga Alipores nilang Section D.

**"Anu na naman ba to Mykel?!"** Galit na tanung ni Yuri.

**"Ganti-ganti lang yan!"** Sagot nya at malakas ang naging tawanan nila.

Nagkuyom ang kamao ko. Hindi ba talaga titigil ang isang to? Pinaiyak na sya ni Kuya Angelo. Walang kadala-dala.

Bigla nalang may naghagis ng pikolo at halos madapa kami sa pag-iwas don. Nagtawanan naman sila na parang sobrang nakakatawa ang mga itsura namin.

**"Dabid! Mga terorista yan!"** Sigaw ni Ci habang niyu-yugyog na naman si David.

**"Tumigil ka! Nakikita ko!"** Inis naman na sagot ni David.

Saan ba nang-gagaling ang kakulitan ni Ci-N? At bakit ba ayaw nya pang bumababa sa likod ni David? Buti sana kung ang gaan-gaan lang nya.

*Epekto ng Boy Bawang o kaya ng usok!*

**"Pwede ba, umalis na kayo!"** Galit na sigaw ni Rory.

**"Tapang! Wag ka mayabang! Wala si Keifer dito!"** Nagyayabang na sagot ni Mykel.

**"Kahit wala si Keifer dito, lalabanan namin kayo!"** Sagot ni Kit.

**"Anu pa hinihintay nyo?! Laban na!"** Sigaw nung isa sa kasama ni Mykel.

Akmang susugod na ang mga Ulupong pero biglang dumating si Sir Alvin. Kasama ng ilang mga Teacher.

**"Section E! Ayos lang ba kayo?"** Tanung nya samin. **"...May nagsabing may usok daw galing sa loob ng room nyo! May sunog ba?"**

Unti-unting nag-alisan ang mga Section D at A. Hindi naman na sila pinansin ng mga teacher at nag-focus lang samin. Buti nalang at nawala na ang usok galing sa loob ng room.

**"Hindi po sunog. May naghagis lang po ng paputok sa loob ng room."** Si Yuri ang sumagot.

**"Paputok?!"** Takang tanung ng isa sa kasama ni Sir. **"...Nagdala kayo ng paputok sa school?"**

**"Hindi po kami... Yung grupo ni Mykel ang may gawa non."** Sagot ni Edrix.

**"At bakit naman nila gagawin yun?"** Sabat ng isa pang teacher na lalaki.

Si Josh ang sumagot. **"Bakit naman nila HINDI gagawin yun?"**

Napalitan ng tingin ang mga teacher maliban kay Sir Alvin. Yung pakiramdam na parang meron silang kinakampihan. Tono pa lang ng pananalita at tinginan, alam na this.

*Alam na alam na this!*

**"May nasaktan ba sa inyo?"** Tanung ulit Sir.

Nagtinginan ang lahat ng Ulupong. Naghihintay kung sinong magsasalita. Nang mapagtanto na wala, si Rory na ang sumagot.

**"Wala naman----."** Naputol ang sasabihin nya dahil sa biglang pagsingit ni Ci-N.

**"Meron!"** Sigaw nito at syempre nakasakay pa rin sa likod ni David. **"...masakit ang puso ko! Broken hearted ako! Hindi ako pinapansin ni Rakki kanina!"**

Napakamot nalang si Sir sa ulo nya. Sanay naman na sya sa kakulitan ni Ci-N kaya hindi na namin kailangang magpaliwanag sa kanya.

**"K-kung may nasaktan man, dumiretso kayo sa clinic para matignan."** Sabi ni Sir at naglakad papunta sa room namin.

Sinilip nya ang room at napangiwi sya ng makita ang kalat sa sahig.

**"Kami na pong bahala dyan sir. Okay na po kami. Salamat po sa pag-aalala."** Sabi ni Yuri.

Ngumiti si Sir samin at nag-nod. Nagbilin ulit sya bago tuluyang umalis kasama ng mga kapwa nya teacher.

**"Sir! Pansinin nyo ko! Masakit ang damdamin ko!"** Sigaw ni Ci-N.

Napatingin ako kay David ng mapansin kong namumutla sya. Sakal-sakal na naman kasi sya ni Ci habang nagsusumigaw.

Hinampas ko ng malakas sa braso ang Batang kumag. Inis nya kong tinignan.

**"Masakit ang damdamin ko!"** Sigaw nya sa pagmumuka ko.

**"Sinasakal mo si David!"**

Nataranta syang bumitaw at mabilis na bumaba mula sa pagkakasakay sa likod ni David. Habol hininga naman tong isa.

**"May araw ka rin sakin."** Halos pabulong nyang sabi kay Ci.

Ngumisi lang naman ang Batang Kumag sabay peace sign. Pumasok na sa room ang ibang Ulupong kaya sumunod na kami. Kinuha ni Eman ang gallon na may kaunti pang laman at ibinalik sa water dispenser na inayos naman nila Kit at Eren.

**"Sabog ata ang mga Section D na yon! Tayo pa talaga pinag-tripan nila!"** Inis na sabi ni Felix.

Sobrang haba ng paputok. May natira pa palang halos kalahati. Si Eren ang kumuha non at nilabas ng room pero bago tuluyang makalayo pinigilan sya ni Ci-N.

**"Wag mo muna itatapon. May naiisip akong gagawin dyan."** Sabi nya at sumilay ang nakaka-lokong ngiti.

**"Hoy! Kung anung kalokohan na naman yang nasa isip mo!"** Sita ko sa kanya.

Humagikgik lang naman sya at tinalikuran ako. Hindi ko na napansin kung saan nagpunta si Eren. Sana lang itapon nalang nya yung paputok na yon.

Nanguha ng map at basahan sila Drew at Mayo. Sila na naglinis ng kalat sa sahig. Nakitulong na rin ako sa kanila. Mukang dahil sa nangyari hindi na kami pinuntahan ng teacher namin. Baka hinayaan nalang kaming makapag-pahinga.

**"Bigyan na natin ng ultimatum yang si Mykel ng tumigil na."** Dinig kong sabi ni Eren.

**"Parang ganun kadali yun ah!"** Medyo inis ma sagot ni Mayo.

**"Madali lang yun. Naduduwag ka lang."** Parinig ni Eren at pabatong binitiwan ni Mayo ang basahang hawak.

**"Anong sabi mo?!"** Galit na sabi nya at akmang susugod pero mabilis na pumagitna si Denzel at Edrix.

"*Tama na! Awat na!*"

"*Mag-aaway pa eh!*"

"*Tumigil tumigil!*"

**"Maglayo nga kayo!"** Sigaw ni Calix sa kanila.

Ginawa naman nila yung sinabi nya pero nagpalitan muna sila ng matalim na tingin na parang nagbabanta sa isa't isa.

*Pinairal pa talaga nila init ng ulo nila.*

Matapos maglinis, kanya-kanya na naman kami. Mukang hindi na rin kami pupuntahan ng ibang teacher kaya naisipan ni Eman na magluto na ng pananghalian.

Habang pasimple silang nag-uusap, kinuha ko yung cellphone ko. May textmessage ako galing sa GagongBaliw pero hindi sya ang pakay ko.

Tinext ko si Percy na dalhan ako ng pananghalian. Wala akong balak na ulitin yung kahapon. Anu sila? Inu-unti-unti lang nila ako. Palagay nila sakin uto-uto?

*Uyyy... Amoy adobo!*

Napatingin ako kay Eman. Mukang Adobo ang niluluto ng Ulupong. Parang gusto ko tuloy dito nalang kumain.

*Sige dito nalang!*

Pero hindi pwede. Parang sinabi ko na rin na pinapatawad ko na sila. And it's a no no no no check!

*Pere mesherep elem!*

Naku! Tuluyan na kong nahawa sa pagiging patay guts ng mga Ulupong. Pero hindi ako papatalo. Hindi ako kakain dito! Kahit lechon pa ang iluto ni Eman.

**"Kain na tayo Jay!"** Aya ni Ci.

Tinitigan ko sya. **"Meron akong ipapagawa sayo."**

**"Anu yun?"** Nakangiti nyang tanung habang lumalapit sakin.

Bumulong ako sa kanya. **"Ikuha mo ko ng pagkain tapos wag mo ibibigay sakin."**

Napakamot sya ng ulo at taka akong tinignan. **"Ha?"**

**"Basta kumuha ka... Wag mo ipapahalata tapos dalin mo don sa tambayan natin sa taas."**

Dahan-dahan syang nag-nod. **"Sige."**

*Ayos! Umaandar talaga ang katalinuhan ko kapag usapang pagkain.*

Saktong natapos magluto si Eman ang pagtunog ng bell. Lunch na at tumayo na ko para lumabas pero agad akong hinarang ni Felix.

**"Dito ka na kumain."** Sabi nya habang nakangiti.

Umiling ako. **"Nagtext ako kay Percy. Parating na yon."**

**"Sabay ka na----."**

**"Hindi na."** Seryosong sabi ko.

Napayuko sya kasabay ng pagpipilit ng ngiti. Mukang nakuha naman nya na hindi talaga nya ko mapipilit. Nilagpasan ko sya at dumiretso na palabas. May huling pagsulyap pa ko kay Ci bago tuluyang maka-alis.

*Adobo! Adobo! Ahihihi...*

Pagpunta ko sa second floor ng building, nakarinig ako ng pagsara ng pinto. Awtomatikong napatingin ako sa dulong kwarto kung saan nakalagay yung mga picture ng dating Section E.

Wala ibang pwedeng magbukas ng room na yon, dahil nakay Keifer ang susi non. Unless nalang iniwan nya kay Yuri pero andun sya sa room.

Lumapit ako don at pinakiramdaman kung may tao sa loob. Sinubukan ko ding pihitin ang doorknob pero naka-lock. Kumatok din ako sa pagbabaka-sakali na merong magbubukas ng pinto.

*Weird! Pero narinig ko talaga na may sumarang pinto.*

Nagkibit balikat nalang ako. Baka pinto sa room namin yun. Napalakas lang siguro ang pagkakasara. Naglakad na papunta sa tambayan namin malapit sa hagdan sakto namang parating si Ci-N pero wala syang dala.

**"Asan na?"** Iritable kong tanung.

Ngumuso sya sa bandang baba ng hagdan at ng sundan ko yun, paakyat ang Felix dala ang dalawang plato na puno ng kanin at ulam.

*Shutanginamers!*

Kaya ko nga pinadala dito, para walang maka-alam na para sakin yun. Mahigpit ang bilin ko sa kanya na wag papahalata.

**"A-anu yan?"** Kuwaring inis kong tanung.

**"Tinulungan ko lang si Ci-N na dalin to dito."** Nakangiting sagot nya. **"...Alam ko namang hindi to para sayo."**

*Tulok mo! Ako pa ginawa mong shunga!*

**"Tse!"** Tinignan ko si Ci-N na kinakalikot ang tenga habang nakatingin sa malayo. **"...Kumain kana. Hihintayin ko pa si Percy dito."**

Inosenteng tumingin sakin si Ci at kinuha ang dalawang plato na ini-aabot sa kanya. Ngumiti ulit sakin ang Felix bago tumalikod para umalis.

Bago sya tuluyang makababa pinahinto ko sya. Taka syang nakatingin sakin.

**"Wag kang magkaka-maling sabihin to sa mga kapwa mo Ulupong."** Banta ko at kinindatan naman nya ko bilang sagot.

*Tsk! Yabang....*

Nagsisimula ng kumain si Ci-N ng balikan ko sya. Busy ang luko at hindi man lang ako pinapansin. Dahil wala naman ng istorbo kumain na rin ako.

Ilang sandali lang at dumating na rin si Percy. Naka-ngiti pa sya sakin pero napalitan yon ng ngiwi ng makita nya si Ci-N na hindi naman sya pinansin.

**"Bakit andito yan?"** Bulong nya sakin habang inaabot ang dalang plastic.

Take out sa fast food ang dala nya. Kinuha ko yun nilapag sa harap namin.

**"Inutusan ko kasi sya kanina. Kain na."** Aya ko pero umiling sya.

**"Kumain na ko sa bahay."**

Pinagmasdan ko ang muka nya. Para kasing ang tamlay nya tignan pero tinatago nya yun sa pag-ngiti. Idagdag pang parang namumutla sya.

**"Okay ka lang ba? Parang namumutla ka."** Sabi ko at akmang hahawakan ang leeg nya pero mabilis syang umiwas.

**"Okay lang ako. Ako pa!"** Nakangiti nyang sabi. **"...Hindi kabawasan ang pamumutla sa ka-gwapuhan ko."**

*Ay okay lang talaga sya! Kapal muks pa rin eh.*

Biglang huminto si Ci-N sa pagkain. **"May bagyo ba? Lakas ng hangin eh."** Inosente nyang sabi.

Agad naman syang tinignan ng masama ni Percy. **"Oo! May bagyo... Ingat ka ah? Baka tangayin ka ng hangin, ang liit mo pa naman."**

Sinabayan naman ni Ci ang tingin nya. **"Wag ka masyado magyayabang para hindi lumakas ang hangin."**

**"Kelan pa naging kayabangan ang kagwapuhan ko?!"**

**"Tuwing sinasabi mo!"**

**"Inggit ka lang! Mas gwapo ako sayo!"**

Tinignan ni Ci ang muka nya na parang sinusuri. **"Saang banda? Hindi ko makita!"**

**"Bansot na nga bulag pa!"**

**"Panget na nga mayabang pa!"**

Yung sa halip na awatin sila, pinanood ko nalang. Mas gusto kong unahin ang pagkain. Kapag talaga ang dalawang to ang magkasama, laging gumagawa ng eksena.

*Sige lang! Push nyong dalawa yan!*

Nang matapos kumain, nag-paalam muna akong mag-CR. Iniwanan ko muna sila. Dahil lunch time, may mga tao sa loob ng dumating ako.

**"Hindi talaga sila pumasok?"**

**"Oo... Yung grupo ni Mykel."**

Dinig kong usapan ng ilang babae habang nasa cubicle ako. Si Mykeliling ang pinag-uusapan nila.

**"Diba sila yun? saan sila pupunta?"**

**"Ewan. Wag na tayo maki-alam dyan. Tara na."**

Mukang umalis na yung mga babae. Lumabas din ako agad ng cubicle at mabilis na naghugas ng kamay. Paglabas ko ng CR napansin ko yung ibang studyante na parang may tinitignan tapos mag-aalisan.

Tinignan ko din yun pero grupo lang ni Mykel na palabas ng school ang nakita ko.

*Anu kayang meron?*

Nagkibit balikat nalang ako at bumalik na sa building namin. Nasa hagdan na ko ng masalubong ko si Percy.

**"Asan si Ci-N?"** Tanung ko.

**"Bakit sakin mo tinatanung?"**

Taka ko syang tinignan. **"La! Magkasama kayo diba?"**

**"Sinundan ka nya! Sabi nya ang hangin ko daw kasama kaya sinundan ka."**

*Pakshit! Pero hindi ko sya----yung grupo ni Mykel.*

Bigla nalang bumilis ang tibok ng puso ko. Kinain ng kaba ang buo kong katawan. Hindi ko maintindihan pero pakiramdam ko may hindi magandang nangyari.

Napatakbo ako papunta sa gate ng school pero wala na sila don. Sinubukan kong lumabas pero wala na rin sila. Lumapit ako sa gaurd na kasalukuyang nakaharap sa cellphone nya.

**"Kuya! Nakita nyo bang lumabas yung grupo ng mga istudyante kanina?"** Nag-aalalang tanung ko.

Binaba nya ang cellphone at bored akong tinignan. **"Yung grupo nung Mykel ang huling lumabas."**

**"Nakita nyo ba kung may kasama silang lalaki na ganito kalaki."** Minwestra ko ang hieght ni Ci. **"...Bata tignan tapos maputi----."**

**"Yung Section E na bata ba? Oo, kasama nila."**

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. Anung balak nila kay Ci-N? Anung gagawin nila? Wala ba talaga silang balak tumigil?

*Hintayin mo ko Ci! Hahanapin kita.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 227

**A/N:** Nakakalungkot 😔😔. May sumuko na naman sa laban nya sa Depression at piniling iwan ang pamilya nya at mga nagmamahal sa kanya.

Please... Wag po sana nating kalimutang tanungin ang mga taong malapit satin kung okay lang sila o may nararamdaman sila. Lagi nyong ipaparamdam na andyan lang kayo para sa kanila.

At para sa inyo na nakakaramdam ng Depression o yung pakiramdam na gusto nyo ng tapusin ang buhay nyo lagi nyong tatandaan to.



everyone needs to understand this

The sad thing is, Kirkup said, "Suicide doesn't end the pain. It just passes it on to someone else."

This quote is the only reason I am still here.

#;KeepGoing

## Blood

***Jay-jay's POV***

**"Wala na bang ibibilis to?!"** Taranta kong tanong.

**"Kahit bilisan ko ang takbo nito kung hindi naman natin alam kung saan ang pupuntahan... Wala rin!"** Inis na sagot ni Percy.

Hindi ko alam kung saan na kami nakarating. Kanina pa kami pa-ikot-ikot malapit sa school. Alam kong hindi pa sila nakakalayo ng husto.

*Saan na kaya nila dinala si Ci-N?*

**"Tawagan mo na yung mga kaklase mo! Mas mabilis mong mahahanap yung bata sa tulong nila!"**

Napailing ako. **"Wala yung cellphone ko! Naiwan ko sa bag."**

Hindi na kasi ako bumalik sa room. Tumakbo na ko palabas ng school at hindi ko namalayan na sumunod pala sakin si Percy.

Pinigilan nya ko at tinanong. Sinabi ko sa kanya na kasama ni Mykel si Ci-N at masama ang kutob ko. Agad nya kong pinasakay sa kotse nya para maghanap pero hangang ngayon hindi pa rin namin sila makita.

**"Gamitin mo tong cellphone----."** Hindi na nya natapos ang sasabihin.

Nabitawan nya ang cellphone na iaabot sana nya sakin at napasigaw sya sa hindi ko maintindihan na dahilan. Natakot ako sa naging reaksyon nya. Masama pa nito nawalan din sya ng kontrol sa manibela.

**"P-percy?! A-anung nangyayari sayo?!"** Tarantang tanong ko.

Tuloy-tuloy pa rin ang andar ng kotse. Babangga kami kung hindi sya hihinto kaya naman hinawakan ko ang manibela at tinapakan ang preno. Halos masubsob kami pareho dahil sa biglaang paghinto.

**"Aaaarrrrgggghhhhh...."** Inda nya na parang may masakit sa kanya.

*Pvtang'na! Anung nangyayari?!*

Natatakot ako! Hindi ko maintindihan ang nangyayari sa kanya. Tinignan ko ang kabuuan nya at para syang hindi makagalaw. Naninigas ang mga daliri nya at una't na unat ang binti.

**"P-percy!"**

Nakapikit sya at tagaktak ang pawis kahit naka-aircon ang kotse. Nasabunutan ko ang sarili ko. Hindi ko alam ang gagawin.

**"P-percy..."** Naiiyak kong tawag sa kanya. **"...H-hihingi ako ng tulong."**

Tinanggal ko ang seatbelt ko at akmang lalabas ng sasakyan ng bigla syang magsalita.

**"W-wag..."** Pati pagsasalita halatang hirap sya. **"...A-alis na! Punta...han mo.....bata!"**

Gusto nyang iwan ko sya at puntahan ko na si Ci-N. Paulit-ulit akong umiling.

**"Hindi kita pwedeng iwan ng ganyan!"**

*Naguguluhan na ko! Hindi ko na talaga alam ang gagawin!*

Napatingin ako sa cellphone nya na nasa sahig. Kinuha ko yun at pinagpipindot. Alam ko na ang password non kaya hindi ako nahirapang buksan.

Habang naghahanap ng number na pwedeng tawagan, hinampas nya ng malakas ang kamay ko dahilan para mabitawan ko ang cellphone.

**"Percy!"** Sita ko sa kanya.

Galit syang nakatingin sakin sa kabila ng sakit na nararamdaman.

**"Alis....n-na! K-kaya....ko....pa!"**

Pinunasan ko ang mata ko na nagbabadya ng luha. **"Hindi kita iiwan!"**

Tinitigan nya ko sa mga mata. Para bang naiinis sya na hindi ko sya sinusunod. Ilang sandali pa kaming ganun ng bigla syang huminga ng malalim.

**"K-kaya....ko."** Halos pabulong nyang sabi. **"....T-tawag....ako....tulong. Alis na."**

*Pero panu kung hindi sya makahingi ng tulong?!*

**"Hihingi muna ako ng tulong... Tapos hahanapin ko na si Ci-N."**

Tinangka kong kuhanin ang cellphone nya pero hindi ko makita kung saan napunta. Naramdaman ko ang pagdampi ng kamay nya sa braso ko.

**"Alis na!"** Sigaw nya at tinulak ako. **"...H-hanapin mo....Bata!"**

**"Percy naman!"**

Tinulak ulit nya ko. **"A-ako....h-hihingi....tulong! Alis!"**

Tuluyan ng bumagsak ang mga luhang pinipigilan ko. Ayoko syang iwan pero kailangan ko ding hanapin si Ci-N. Binuksan ko ang pinto ng kotse at lumabas.

Tinignan ko si Percy at pinilit nyang ngumiti sakin. Para bang sinasabi nya na magiging okay din sya. Nag-nod ako sa kanya at sinara ang pinto ng kotse.

Mabilis kong pinunasan ang luha ko. May tiwala ako kay Percy. Kung sinabi nyang magiging okay sya----magiging okay sya! Wala akong sinayang na oras, nagtatakbo ako papunta sa kung saan.

Iniisip ko rin ang mga posibleng pagtambayan ng grupo ni Mykel. Huminto ako sa tapat ng pedestrian lane.

*Isipin mong mabuti Jay! Saan ba tambayan ng Mykeliling?!*

Tatawid na sana ako ng makita ko ang dalawang istudyante sa kabilang daan. Taga-HVIS din sila dahil sa uniporme. Tinitigan ko silang mabuti at dun ko lang napagtanto na Section D ang dalawang yun.

Dali-dali akong tumawid at muntik pa kong masagasaan. Bumusina ng malakas yung driver kaya naagaw yung atensyon ng dalawang Section D. Mukang nakilala ako ng dalawa dahil bigla silang tumakbo palayo.

*Humanda kayo sakin kapag naabutan ko kayo! Raaawwrrr!*

**"Mga punyeta kayo!"** Sigaw ko sa kanila.

Pumasok sa isang kanto ang mga Gago. Napaiwas ang mga taong nakakasalubong nila. Malapit-lapit na kong mapagod sa ginagawa nila. Bumagal ang pagtakbo ko at kinuha ng dalawa ang pagkakataon para sumuot sa isang eskenita.

Akala yata nila hindi ko sila nakita. Bago ako lumapit sa eskenitang yon, kinuha ko ang isang basurahang drum na walang laman. Kahit mabaho----wala akong paki!

Kitang-kita ko silang nagpapahinga habang nakasandal sa pader. Walang pakundangan kong binato sa kanila yung basurahan. Nasubsob pa ang isa sa kanila sa sahig sa tangkang pag-iwas.

**"Hinayupak kayo! Pinahirapan nyo ko!"** Inis na sabi ko at pinag-sisipa yung nasa sahig.

Tangkang tatakbo na naman yung isa sa kanila pero mabilis ko syang dinampot sa kwelyo nya sa batok. Buong lakas ko syag binalibag sa pader.

**"Asan si Ci-N?!"**

Walang nagsasalita. Kanya-kanya sila ng inda sa sakit na nararamdaman. Nasasayang ang oras na wala silang kibo.

*Ayaw magsalita! Teka...*

Tinapakan ko yung muka nung nasa sahig. **"Hindi ka magsasalita?!"**

**"A-aray! Masakit! Masakit!"** Sigaw nya.

Yung isa naman ang binalingan ko. Nginudngod ko ang muka nya sa pader. Hindi ko pa rin inaalis ang paa ko sa muka nung isa.

**"Aray! Aray! Tama na! Masakit!"** Sigaw naman nya.

**"ASAN SI CI-N?!"**

**"K-kasama nila Mykel!"** Sagot ng nasa sahig.

*Ay alam ko! Malamang! Susugurin ko kaya kayo kung hindi kayo connected kay Mykel?!*

Diniinan ko ang tapak sa muka nya. **"Saang lugar?!"**

**"Aaaaaarrrrraaaayyyyyy!"** Sigaw nya kasabay ng pag-iyak.

Yung nakangudngod naman sa pader ang pinagdiskitahan ko. Lalu ko pang dinikit ang muka nya don.

**"Halikan mo yang pader!"** Sigaw ko sa kanya. **"Asan yung Mykeliling na yon?!"**

Halos magsanib pwersa na ang muka nya at ang pader. Sagad na sagad ang nguso nya kaya halos hindi sya makapag-salita. Bahagya kong nilayo ang muka nya para bigyan sya ng pagkakataon magsalita.

**"S-sa Ancestral house n-nila Mykel. Dalawang k-kanto mula dito."** Sagot nya.

Binitiwan ko sila pareho at akmang aalis na pero binigyan ko muna sila ng ultimatum. Sinipa ko sa sikmura yung isang nasa sa sahig at sinuntok ko naman yung nakatayo. Pareho silang namalipit sa sakit.

Hindi na ko nagsayang ng oras. Tumakbo ako ng tumakbo hangang sa isang malaking gate na may mataas na bakod ang tumanbad sakin. Nakita ko mula sa labas si Mykel na naninigarilyo at tumatawa pa.

Nababalutan ng halaman at kalawang yung gate. Lumang malaking bahay naman ang nasa loob noon. Bubuksan ko na sana ang gate para sumugod pero may kamay na humawak sa bibig at mga braso ko.

**"May bisita tayo!"** Nakatawang sabi nung may hawak sakin.

*Mga bwisit!*

Binuksan nila ang gate at inilapit ako kay Mykel. May ilang beses akong kumakawala sa kanila pero walang saysay yon. Alam kong hindi lang isa ang may hawak sakin.

Nakangiti ang Mykel habang palapit ako sa kanya. Tinapon nya pa ang sigarilyong hawak.

**"Look who's here!"** Sabi nya at nilapit pa ang muka nya sakin. **"...Alam kong darating ka."**

Gustong gusto ko ng padapuin ang kamao ko sa muka nya pero mahigpit ang pagkakahawak sakin.

**"Sa loob yan... Bagong laruan."** Utos nya habang tinuturo ang bahay na nasa likod nya.

*Shit!*

Pinilit kong hatakin ang mga braso ko pero kasabay non ang paghatak nila sakin papasok sa bahay. Sa pagpupumiglas ko, nabitawan ng isa ang bibig ko.

**"Punyeta kayo! Nasan si Ci-N!"** Sigaw ko pero pagtawa lang ang naging sagot nila sakin.

*Tawanan nyo ko! Sige! Mamaya ako naman ang tatawa!*

Pagpasok sa loob ng bahay----*uy! Chandelier!* Hindi kalakihan pero sapat sa mataas na kisame ng bahay. Puro balot ng kumot na puti ang mga gamit, kahoy ang sahig at makakapal ang mga kurtinang nakasara.

Nakita ko si Ci-N na nakadapa sa sahig. Tinatapakan ng isang Section D ang ulo nya pero nakaharap sya sakin.

**"Jay-jay!"** Namamaos na sigaw nya.

Nang makalapit ng husto dun ko nakita ang itsura nya. Dumudugo ang ilong at nag-sisimula ng mangitim ang gilid ng mata at gilid ng noo. May mga galos din sya at madumi ang uniform na suot.

**"Ci-N!"** Sigaw ko at akmang lalapit pero pinigilan nila ko. **"...bitiwan nyo ko!"**

Nakarinig ako ng pagsara ng pinto. Nag-echo yun sa buong bahay, dahil sa laki at bigat.

**"Tayo nyo yan."** Boses ni Mykel mula sa likod ko.

Tinayo nila si Ci-N pero mabilis din syang napaluhod dahil sa panlalambot. Nanlumo ako sa kabuuan nya. Halatang pinagtulungan at siniguradong hindi makakalaban.

**"Ci..."** Tawag ko sa kanya.

Napayuko ako ng pilitin nyan ngumiti. Nahihirapan akong makita syang ganito. May biglang humawak sa panga ko at pilit tinaas ang ulo ko.

**"Tignan mo sya."** Utos ni Mykel sakin habang naglalakad palapit kay Ci. **"...tignan mo syang mabuti dahil ganito rin ang mangyayari sa mga kaklase mo."**

Bigla nalang nyang sinikmuraan si Ci-N. Halos bumagsak na ang katawan nya pero dahil sa pagkakahawak sa kanya, nanatili pa rin syang nakatayo.

**"Bwisit ka! Ako ang labanan mo!"**

Tinawanan ako ng mga ugok. Bigla nalang may sumipa sa isa sa mga tuhod ko mula sa likod. Napaluhod ako at pilit nilang pinadapa. Walang sinayang na pagkakataon ang mga Gago. Hinawakan nila ang magkabilang braso at binti ko.

**"Hindi kita lalabanan. Ang prinsesang katulad mo dapat pinapaligaya."** Sabi nya na nagbigay ng kilabot sa buong katawan ko.

*Punyeta kang Maykeliling ka! Makawala lang talaga ako dito!*

Naramdaman kong may tatlong daliri na dumampi sa hita ko. Nagtatawanan ang mga ugok na nakapaligid samin.

**"Itigil mo yan! Gago ka!"** Sigaw ko habang pilit pumapalag.

**"Sabihin mo..."** bulong sakin ni Mykel. **"...natikman ka na ba ni Keifer?"**

**"Alis! Lumayo ka sakin!"**

Parang sasabog ang puso ko sa kaba. Masakit sa dibdib at halos hindi na ko makahinga. Nangingilid na rin ang luha ko.

**"Bitiwan nyo ko!"**

**"Bata!"** Tawag ni Mykel kay Ci-N at pilit nila syang hinarap sakin. **"...panoorin mo gagawin namin sa kaibigan mo!"**

*Aaaaagghhhh! Putang'na!*

Ang kaninang nakadampi lang sa hita ko ngayon ay humihimas na. Lalo akong nagpapasag na parang isda na na nawala sa tubig. Umaakyat ang kamay na yon hangang sa naramdaman ko ang pagtaas ng palda ko.

**"Naka-sikeling short!"** Dismayadong sabi ng isa.

*Next time mag-brief ako para hindi nakakahiya sa inyo!*

**"Okay lang----."** Hindi na natapos ni Mykel ang sasabihin nya.

Tumilapon sya kasama ang isa sa may hawak sakin kaya nakalaya ang isang braso ko. Tinignan ko kung sinong may gawa non. Nanlalambot na napa-luhod si Ci-N sa harap ko. Mukang pinilit nyang labanan ang may hawak sa kanya para tulungan ako.

Hindi ko na sinayang ang pagkakataon. Pilit kong binawi ang mga braso at binti ko mula sa pagkakahawak. Dala na rin siguro ng pagkabigla sa pagbagsak ni Mykel hindi na nila ko napansin.

Bumangon ako at sinipa ang pinaka-malapit sakin sa muka. Dun lang nagising yung iba at mabilis na sumugod sakin at naging alerto ako.

Sinuntok ko yung isa pero naka-iwas sya. Kinuha ko ang pagkakataon para hablutin ang batok nya at mabilis syang tinuhod sa sikmura. May ilang sumugod na dinaan ko naman sa suntok at sipa.

Bago pa makalapit yung iba, sinugod ko si Mykel na kasalukuyang tumatayo at pinupunasan ang labi. Sinuntok ko sya at sinundan ng sipa sa dibdib. Bumagsak sya at tila nanghina. Umubo pa sya ng ilang ulit.

*Nakaganti rin ako sayo!*

Nilingon ko si Ci-N at nakita ko syang nakasandal sa isang poste. Nag-thumbs up pa sya sakin sabay ngiti. Napatingin ako sa lalaking nasa likod nya at akmang susugod sakin ng may biglang matigas na bagay ang tumama sa ulo ko.

Tumilapon ako sa sobrang lakas. Parang bumagal din ang paligid at hindi parang naguluhan ako sa mga nakikita ko. Pakiramdam ko hindi pantay ang lupa.

Pinikit ko ang mga mata ko at naramdaman ko ang pagkabasa ng ulo ko. My kung anung likido na sa ulunan ko na palagay ko ay galing din sakin.

**"JAY-JAY!"** Dinig kong sigaw ni Ci-N.

*Kumikirot ang ulo ko.*

May ilang minuto akong hindi gumagalaw sa kinasasadlakan ko. Parang may kung anung mabigat sa katawan ko at ayaw ng bumangon.

**"Tutuluyan ko na ba?"** Dinig kong sabi ng isang lalaki.

**"Wag! May paki-nabang pa ko dyan!"**

Pinilit kong idilat ang mata ko. Si Ci-N na pinag-sisi-sipa nila ang una kong nakita.

*Tumayo ka Jay! Kailangan ka ni Ci-N!*

Pinilit kong bumangon. Nakaharap sila kay Ci-N kaya halos walang nakapansin sakin. Sobrang bigat sa katawan pero kung hindi ko gagawin to baka mamatay kami pareho dito. Ramdam ko ang pagtulo ng likido galing sa ulo ko.

Alam ko kung anu yon. Pero ayokong tignan. Hindi pa ko tapos dito at bukod don, mas kailangan ako ni Ci. Kung uunahan na naman ako ng takot sa dugo baka mangyari lang yung dati nung may sumugod samin ni Rory.

**"Tibay! Buhay pa yung chicks!"** Sigaw nung isa.

Tinignan nila ko maging si Ci-N. Puno ng pagka-mangha yung iba samantalang galit naman si Mykel.

*Kailangan naming maka-alis dito! Bakit parang humihina ka na Jay?!*

Hindi ako mahina. Ngayon pa ba matapos ang lahat? Makakarating ba ko dito kung mahina ako? Hindi ako papayag na isang katulad nyo ang magpapahina sakin.

Lumapit sakin ang isa at akmang hahawakan ako pero buong lakas ko syang sinipa sa dibdib. Na-alarma ang iba sa kanila at bahagyang naglayuan.

**"Pvta! May lakas pa? Kulang yung pagkakahampas mo sa kanya sa ulo!"** Sabi ni Mykel sa kasama na may hawak ng tubo.

*Sugod na! Puro ka satsat.*

Tinaas ko ang braso ko para sana ihanda sa pagsugod nila pero isang pagkakamali pala ang ginawa kung yon. Balot na balot ng dugo ang buo kong braso galing sa ulo ko. Maging ang suot kong uniporme ay naging kulay pula na rin.

Nagsimula ng lumalim ang paghinga ko. Napaluhod ako dahil sa panlalambot ng tuhod. Walang humpay ang pagwawala ng puso ko. Nagsisimula na ring manlabo ang paningin ko.

*Wag ngayon! Akala ko ba okay na.... wala ng ganun?!*

Pinikit ko ang mata ko para alisin ang atensyon ko sa kamay. Sinara ko din ang palad ko at mahigpit na diniinan yun. Wala na dapat! Bakit nung nagkalat ang dugo ni Rory hindi ako nagkakaganito?

Nagsisimula na naman yung boses sa isip ko. Mga boses na parang galing sa nakaraan at nagpapa-alala sakin kung ako. Baliw na yata talaga ako!

"*Wala kang kwenta!*"

*"Palamunin ka!*"

**"Anu pang ginagawa nyo?! Sugurin nyo na!"** Sigaw ni Mykel.

Dinilat ko ang mata ko. Sa unang pagkakataon magpapasalamat ako sa magagawa ko sa mga taong to. Tinignan ko ang palad ko na puno ng dugo. Kung ito lang ang tanging paraan para makaligtas kami.

*Masarap talaga ang lasa ng dugo!*

Nasa bibig ko na ang daliri ko. Para akong bampira na uhaw na uhaw sa lasa nito. Segundo lang ang binilang ko at nagsimulang kumilos ang katawan ko na parang ibang tao na ko.

At dumilim ang lahat.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 228

**A/N:** Papansin yung nagpasa sakin ng virus. Perwisyong tunay! Parang bago tuloy ulit ang cellphone ko. Dami ko pa lang files. Dami ko ring nakaw na picture ni crush. Harhar pero hindi ko na sya crush na yon kaya binura ko na. SKL!

**I.Q.**

***Jay-jay's POV***

Ang ingay. Parang may nagkakasatan at nag-aaway. Meron din akong naririnig na kumakanta. Ang gulo nila at kahit gusto ko pang matulog, hindi ko na nagawa dahil sa kaingayan nila.

*Istorbo naman sa pagtulog! Kainis!*

Dinilat ko ang mata ko at ang mga Pesteng Ulupong ang bumungad sakin.

**"Ang ingay nyo!"** Inis na sabi ko.

"*Uy gising na!*"

"*Gising na gising na!*"

"*Kamusta Jay?*"

Napasibangot ako. Ngayon lang kasi ako nakakita ng nanga-ngamusta na puro pagkain ang nasa bibig. Iba pa yung hawak ng kamay nila sa laman ng bibig nila.

**"Lumayo nga muna kayo! Ang papangit nyo daw! Na-a-alibadbaran sya!"** Sabi ni David at mabilis naman silang naglayuan.

*Saan ba galing ang pagkain na yon at kainan sila ng kainan?*

Sinubukan kong maupo. Agad namang inayos ni Yuri ang kama para bahagyang tumaas ang ulunang parte non. Nilagyan din nya ng unan ng likod ko. Kun-todo asikaso sya sakin samantalang yung mga talipandas busy sa pag-nguya.

Napatingin ako sa mga kamay ko ng mapansing kong balot na balot iyon ng benda pero wala naman akong nararamdaman. Napagtanto ko rin na merong nakabalot na benda sa ulo ko.

*Bakit ganito to?! Anu bang----si Ci-N!*

Dun lang bumalik sakin ang mga nangyari. Kung bakit ako nasa ospital at kung bakit may balot ang mga kamay ko. Si Ci, si Mykel at yung chandelier.

Tinignan ko ang mga Ulupong. Hinanap ko ang muka ng Batang Kumag pero hindi ko sya mahagilap.

**"Asan si Ci-N?"** Nag-aalalang tanong ko.

Si David ang sumagot. **"Sa kabilang kwarto. Okay na sya, matibay ang batang yon."**

Nakahinga ako ng maluwag. Akala ko kung anu nang nangyari sa kanya. Pinikit ko ang mata ko at sinandal ang likod sa kama. Buti nalang talaga at walang masamang nangyari sa kanya.

Sinubukan kong isipin ang mga nangyari bago ako mapunta sa ospital.

*Para kasing may kulang.... parang may hindi ako maalala.*

Dumilat ako at si Yuri ang una kong nakita. Binabalatan nya ang hawak na mansanas.

**"Sinong nagdala samin dito sa ospital?"** Tanung ko at tinignan naman nya ko sandali bago bumalik sa ginagawa.

**"Kami."**

**"Si M-mykel, asan?"**

Bigla nalang syang tumawa at kinagatan ang mansanas na binalatan nya. Yung totoo, sinong may sakit dito? Bakit sila ang kumakain ng mga pagkain?

**"Anung nakakatawa?"** Medyo inis na sabi ko.

**"Tinanung mo na yan kanina. Pa-ulit-ulit ka."**

Kumunot ang noo ko. **"Kagigising ko lang. Panu ko itatanung yon?"**

Huminto sya sa pagkain ng mansanas at tinignan ako ng puno ng pagtataka.

**"Jay... Gumising ka na kanina habang tulog sila. Tulala ka pa nga bago magsalita."**

Ang tagal naming nagtitigan ni Yuri. Parehong nalilito sa nangyayari. Wala akong maalala na gising ako. Ni hindi ko nga maalala kung anu nangyari pagkatapos ng----*yung dugo!*

**"Yuri... P-pwede mo ba kong d-dalin kay Ci-N?"** Tarantang pakiusap ko.

**"Bakit? May problema ba?"**

**"K-kasi... yung... kasi..."**

Panu ko sasabihin sa kanya na bumalik na naman yun. Yung bagay na yon na nangyayari sakin. Yung bagay na iniiwasan ko sa matagal na panahon.

*Yung bagay na yon! Nakakatakot!*

Nakarinig kami ng pagkatok sa pinto. Halos pare-pareho kaming tumingin sa pintuan bago bumukas yon. Nakangiting humarap sakin si Tita Gema.

**"Kamusta kayo?"** Bati nya sa mga Ulupong at sa akin.

**"Ayos lang kami Tita."** Nakangiting sagot ni Eren.

**"Salamat po sa pagkain Tita."** Sabi naman ni Denzel.

*Anung Tita? Kelan pa nila naging Tita si Tita Gema? Tigas ng muka ng mga Ulupong na to!*

**"Panu po ninyo niluto ang pansit na to? Ang sarap po kasi Tita."** Sabi naman ni Eman.

**"Tita, eto pong Minudo masarap."** Gatong naman ni Kit.

Yung napapangiwi nalang ako. Parang close na close sila nila Tita. At wow lang ah! Kapal muks talaga sila, nakiki-kain pa.

**"Salamat. Buti nalang andyan kayo para alalayan si Jay-jay."** Sabi ni Tita at binaba ang paper bag na dala nya sa lamesang pinag-lalagyan ng mga pagkain.

**"Uy anu to Tita? Mukang masarap ah?"** Sabi ni Drew habang pinapaki-alaman ang paperbag.

**"Adobo yan. Kain lang kayo."** Sagot ni Tita at lumapit sakin. **"...kamusta pakiramdam mo?"**

**"Ayos na po ako Tita."** Tinignan ko yung mga Ulupong na kumakain sa likod nya. **"...Bakit po ang daming pagkain?"**

Tinignan din nya ang mga Ulupong na nasa likod nya. Ngumiti sya bago humarap ulit sakin.

**"Simula kasi ng dalin ka nila dito kahapon, hindi pa sila umuuwi para kumain... kaya dinalan ko nalang sila."** Paliwanag nya.

*Kahapon pa? Ibig sabihin may isang araw na pala akong walang malay.*

Tinignan ko si Yuri. **"Kahapon pa kayo dito?"** Tanung ko at nag-nod naman sya. **"...edi hindi pa kayo naliligo?"**

Pare-pareho silang natigilan. Nag-taka si Tita sa naging reaksyon nila. Pati si David na may puto sa bibig bigla nalang huminto.

**"Okay lang yan. Sanay na kaming hindi maligo."** Sagot ni Mayo at mabilis syang nakakuha ng batok kay Josh.

**"Ikaw lang. Wag mo kaming idamay."** Sabi ni Felix.

Habang nag-aasaran sila napaisip ako. Kakaiba kasi talaga yung pakiramdam ko. Para akong lutang kahit malinaw naman ang mga nangyayari sakin.

**"Jay?"** Tawag sakin ni Tita Gema habang tinatapik ang braso ko. **"...sigurado kabang okay ka lang?"**

Nag-nod naman ako. **"O-opo Tita."**

**"Tinatanung kasi kita. Hindi ka sumasagot."**

**"Sorry po."**

**"Baka po gutom na."** Singit ni Yuri.

Tumawa naman si Tita Gema. **"Baka nga. Kayalang hindi pa sya pwedeng kumain."**

*Anung hindi pwedeng kumain?!*

Nanlaki ang mata ko habang nakatingin kila Tita Gema at Yuri.

**"S-seryoso kayo dyan?"**

Inayos ni Tita Gema ang unan sa likod ko. Nakatawa pa rin sya habang ginagawa yun.

**"Kailangan pa nating hintayin ang sasabihin ng doctor. Hindi ka namin pwedeng basta paka-inin."**

*Hhhhuuuwwwwaaaaaattttttt????!!!!!*

Bakit ganun?! Ang daming pagkain sa harap ko tapos hindi ako pwedeng kumain. Bakit? Ang unfair naman nito!

**"Pero bakit?"**

**"Yun kasi ang sabi ng doctor."**

Maluha-luha akong humarap kay Tita. **"Pero minsan hindi totoo ang sinasabi ng Doctor."**

Tinawanan na naman nila ako. Napaka-sakit sa damdamin nito. Abot kamay ko lang ang mga pagkain pero bawal. Bakit bawal? Bakit?!

*BAAAAKIIIIITT?!*

**"Ikaw talaga.... sige na. Pupuntahan ko muna si Aries. Iniwan ko dun ang Mama mo, kaya baka nag-aaway na sila don."** Sabi ni Tita at naglakad na palabas.

Nag-pasalamat naman ang mga Ulupong sa kanya bago sya tuluyang makalabas. Nilapitan ako ni Yuri at naupo sa tabi ko. Hinawakan nya ang kamay ko.

**"Anu yung sinasabi mo kanina?"**

*Oo nga pala!*

Tinignan ko yung mga Ulupong. Hindi ko gustong pag-usapan ang mga bagay na yon sa harap nila.

**"Next time nalang siguro."**

Humigpit ang hawak nya sa kamay ko kaya napatingin ako don. Alam kong ramdam nya na may iniisip ako. Nagpilit ako ng ngiti sa kanya at sinubukang hawakan din ang kamay nya pero sagabal ang benda.

Nanatili kami sa ganung posisyon ng bigla kong maalala si Percy. Unti-unting nanlaki ang mata ko.

**"S-si Percy? Asan si Percy?"**

Tumingin sakin si Felix na kasalukuyang umiinom ng coke.

**"Nasa bahay. Bakit?"** Sagot nya.

**"Okay na ba sya?"** Nag-aalalang tanung ko.

Taka akong tinignan ni Felix. **"Oo naman. Bakit naman sya hindi magiging okay?"**

**"Kasi nung magka----."**

**"Andito sya kanina."** Putol ni David sa sasabihin ko.

Kakaiba ang tingin nya sakin. Para bang sinasabi nya na wag na ko magsalita pa. Binalikan ko si Felix na nagtataka pa rin.

Umiling ako habang nakangiti. **"Kelan daw sya babalik dito?"**

**"Hindi ko alam. Sila ni David ang magka-usap."**

Tinignan ko si David pero nagkibit balikat lang sya samin at pinag-patuloy ang pagkain. Ganun din ang ginawa ni Felix. Pinili kong ipagpaliban muna ang gumugulo sa isip ko.

May pagkakataon na pinapa-inom ako ni Yuri ng ga-kutsarang tubig para maibsan ang uhaw ko. Pero gusto ko ng kumain.

*Pagkain! Pagkain! Pagkain!*

Bandang hapon ng maisipan ng mga Ulupong na umuwi muna. Wala naman silang ginagawa dito kundi kumain ng kumain.  Naiwan si David at Yuri.

Pagka-labas ng mga luko saktong nag-ring ang cellphone ni Yuri. Nag-paalam sya na sasagutin muna yung tawag at lumabas na.

Tinignan ko si David na kasalukuyang naglalaro sa cellphone nya.

**"Hoy Dabid!"** Inis na tawag ko sa kanya. **"...Anung nangyari kay Percy?"**

**"Nasa bahay nila. Nagpapahinga."** Bored na sagot nya.

**"Oo nga! Pero anung nangyari sa kanya nung iwan ko sya?"**

Pinatay nya ang cellphone at hinarap ako. Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin.

**"Tinawagan nya ko. Sabi nya ina-atake daw sya ng sakit nya. Ako lang ang nagpunta dahil alam kong ayaw nyang ipaalam sa iba ang kalagayan nya."** Paliwanag nya.

Napuno ako ng pag-aalala sa kanya. Anung sakit? Wala syang sinabi sakin na may sakit sya.

**"A-anung sakit yun? Bakit hindi nya sinabi sakin?"**

**"He don't want you to worry."**

Napayuko ako. **"Kelan pa? Kelan nya pa nararanasan yung ganun?"**

Ipinatong ni David ang siko sa tuhod nya. Kiniskis nya ang mga palad nya at tinignan ako ng seryoso.

**"After the accident. He suffers from spinal damage. Unable to walk and almost paralyzed, his motherdid everything she could to help him."** Nagpahawak ako ng mahigpit sa kumot ko. **"...She spent a lot of money to find a Doctor thatcould cure Percy."**

**"Pero diba magaling na sya? Eto na nga sya naka-kaharap na natin."**

**"Not totally, there's a side effect. Biglang sumasakit ang spinal nya at kasunod non ang pagka-paralisa ng ilang parte ng katawan nya."**

Naalala ko yung itsura nya sa kotse. Kung panu sya sumigaw dahil sa sakit. Yung mga kamay nya at pati pananalita.

**"Hindi na ba pwedeng ipagamot yun?"**

**"They tried. That's why he has been gone for along time and asks me to look after you."**

So yun pala yung dahilan yung bakit napunta sya ng New York kasama si Papa. Hindi ko maimagine na sa kabila ng pagiging maluko at korni nya ay may sakit syang ini-inda.

*Hindi na ko makakarinig ng Korning joke.*

**"Yung sakit nya na yon... May chance ba na...."** Hindi ko magawang tapusin ang tanung ko pero mukang nakuha din nya ang magiging kasunod non.

**"Yes... There is a chance. High risk."**

Hinawakan ko ng kamay ang bibig ko. Parang hindi totoo ang mga sinabi ni David sakin. Sana joke lang to, tutulungan ko pa sya sa pagtawa.

Binigyan nga ako ng panibagong kapatid pero parang babawiin din sya sakin.

**"...Isa rin yun sa dahilan kung bakit ayaw na syang pabalikin ng Mother nya dito."** Dagdag nya.

Hindi ko na napigilan ang luha ko. Kusa silang bumagsak dahilan para mataranta si David at lumapit sakin.

**"Hey! Don't cry. Wag ka mag-isip ng kung anu. Matibay si Percy."** Sabi nya habang pilit pinupunasan ang luha ko.

**"A-ang daya kasi... Ang daya-daya."** Sabi ko at napahagulgol na sa pag-iyak.

Niyakap ako ni David habang hinahimas ang balikat. Bakit kailangan may kapalit lahat ng binibigay sakin? Binigyan ako ng Ama pero hindi ko naman sya pwedeng makasama. Binigyan ako ng kapatid pero hindi ako tanggap. Binigyan ako ng panibagong kapatid pero parang kukuhanin din sakin.

*Parang tinakam lang ako sa isang pagkain pero hindi ko pwedeng kainin.*

**"Hindi pa ko patay pero iniiyakan mo na ko."**

Napatingin kami sa pinto. Papalapit ang lalaking may blue eyes samin. Naka-ngiti sya na parang walang nangyari. Sa halip na mag-alala ako at malungkot nainis ako bigla sa kanya.

**"Tsansing ka..."** Sabi nya kay David. **"...baka gusto mo ng bumitaw."**

Kamot batok na umalis si David sa pagkakayakap sakin at bumalik sa kinauupuan nya. Tinignan ko ng masama si Percy.

**"Bwisit ka!"** Sabi ko paglapit nya. **"...kung wala lang benda yung kamay ko sinuntok na kita."**

Ngumiti ng malapad ang luko. **"Buti nalang may benda. Baka masira ang ka-gwapuhan ko."**

Bigla nalang tumayo si David at lumapit sa aircon. **"Bakit parang lumakas hangin pero naka-stable naman sa number 5?"**

*Ramdam din pala nya ang bagyo.*

**"May problema ba David?"** Sarcastic na tanong ni Percy. **"...dun ka muna sa labas para hindi mahangin."**

Natawa naman sya bago tuluyang maglakad palabas ng kwarto. Pagsara ng pinto naupo sya sa tabi ko. Gusto kong ihampas yung kamay ko sa kanya pero baka mapano yung mga buto ko.

**"Bakit hindi mo sinabi?"** Basag ang boses ko ng sabihin yun. **"...at wag mong sasabihin na ayaw mo kong mag-alala. Coz that's bullshit!"**

Hindi sumagot at nakatingin lang sakin kaya tinuloy ko ang paglabas ng sama ng loob.

**"Ang unfair sakin... Akala ko may kakampi na ko. Akala ko may masasandalan na ko. Pero bakit parang sandali lang? Bakit parang**

**babawiin din sakin?"** Bumagsak ang mga luha ko. **"...panu ako nagpapatuloy ngayon kung sa bawat oras na dumaan, pwede ka ng kunin sakin? Anong gagawin ko? Ha?! Sagutin mo ko!"**

Hinawakan ni Percy ang pisngi ko. Pinunasan nya ang mga luha at bahagyang lumapit sakin.

**"Alam mo na ang sagot kung bakit hindi ko sinabi sayo."** Seryoso ang mga mata nyang nakatitig din sa mata ko. **"...Itong tatandaan mo. Hinding hindi kita iiwan. Walang babawiin sayo. Walang kukunin sayo. Wala kang gagawin dahil hindi ako papayag na mawala sa inyo."**

Nakita ko ang pamumuo ng luha sa gilid ng mata nya. Ngayon ko lang sya nakitang ganito. Except nung nag-inom sya dahil sa issue nila ni Freya. Pero hindi ganitong-ganito.

**"Minsan ko ng natakasan ang kamatayan Jay. Handa akong ulitin yun. At uulit-ulitin ko yun. Alam mo kung bakit?"** Umiling ako. **"...dahil gwapo ako."**

*Kainis! Baliw talaga tong lalaki na to!*

**"Bwisit!"** Inis na sabi ko sabay hampas sa dibdib nya pero nanatili syang seryoso.

**"Hindi ko kayo pwedeng iwan. Lalu ka na. Hindi pa kita naihahatid sa Papa mo. Magtiwala ka lang, mabubuhay ako mas matagal pa sa inaasahan mo."** Ngumiti sya. **"...baka nga mauna kapa sakin."**

Natawa ko sa sinabi nya kaya ngsimulang gumaan ang pakiramdam ko. Pinunasan ko ang mga luha ko at yumakap sa kanya.

Gumanti din sya ng yakap. **"Magtiwala ka lang sakin. Hindi na ulit ako mawawala."**

Nag-nod ako at alam kong ramdam nya yun. May tiwala ako sa kanya. Naniniwala akong hindi nya kami iiwan.

Bumitaw kami sa pagkakayakap at dun lang namin naramdaman ang presensya ng ibang tao. Napatingin kami sa pinto at dun nakatayo si Yuri at David na parehong nakatingin samin.

**"We have to go."** Sabi ni David.

Nag-nod naman si Percy sa kanya bago ako muling harapin. **"Babalik ako dito bukas. I just need to deal with something."**

**"Sige. Ingat."**

Hinalikan nya ko sa noo bago tuluyang maglakad palapit kay David. May kakaibang palitan pa ng masamang tingin si Yuri at Percy bago makalabas ng pinto.

*Hindi ko talaga alam ang problema ng dalawang to.*

Lumapit sakin si Yuri pag-alis ng dalawa. Ngumiti sya at umopo sa tabi ko.

**"Sorry kung matagal ako."** Sabi nya.

**"Okay lang."**

Sandali kaming nag-usap tungkol sa nangyari kahapon. Gusto ko sanang ikwento sa kanya na nangyari na naman yung dati. Pero parang biglang umurong yung dila ko nung oras na sasabihin ko sa kanya.

Bandang 7pm ng dumating si Mama para bantayan daw ako. Nagpa-alam si Yuri na uuwi muna at babalik nalang ulit bukas.

Dahil hindi pa rin pwedeng kumain, ga-kutsarang tubig pa rin ang laman ng tyan ko. Kung pwede lang na kainin ko na rin yung kutsara ginawa ko na para lang magkalaman ang tyan ko.

**"Ikaw Jay! Tigil-tigilan mo na yung pakikipag-away! Baka walang tumanggap sayo na University!"** Sermon ni Mama habang pinupunasan ako ng basang bimpo.

*Para namang ginusto kong makipag-away.*

**"Nakikinig ka ba?!"** Inis na tanung nya.

**"Opo."** Walang buhay kong sagot.

Matapos nya kong linisan, inayos nya ang kama para makahiga na ko. Pinili kong humarap sa pader para mabilis na makatulog. Bukas kasi ang ilaw at marami akong nakikitang gamit o bagay, malikot ang mata ko at hindi ako makatulog.

Napansin siguro ni Mama na hindi ako makatulog kaya pinatay nya ang ilaw at hinawi ang kurtina ng bintana para magkaroon ng kaunting liwanag galing sa labas.

Hindi nagtagal kusa din akong nakatulog. Dala na rin siguro ng pagkabitin ng tulog ko kaninang umaga.

Hindi pa nagtatagal ang tulog ko ng magising ako dahil sa mahinang pagkatok. Ang weird lang dahil hindi naman ganun kalakas yung katok na yon para magising ako ng sobra. Hindi rin naman nagmamadali.

**"Ma! May tao."** Sabi ko at nagtalakbong ng kumot.

*Istorbo! Sarap-sarap ng tulog ng tao eh!*

Ganun nalang ang pagtataka ko ng hindi ko marinig na sumagot si Mama. Narinig ko na naman ang pagkatok at binaba ko na ang kumot. Hinarap ko si Mama na may inis.

**"Ma! Hindi mo ba naririnig----."** Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko dahil wala si Mama sa sofang kinauupuan nya kanina.

*Wala pala akong kasama?!*

Muli ko na namang narinig ang pagkatok.

**"Sino yan?!"** Sigaw ko pero walang sumagot.

Narinig ko ang pagtunog ng doorknob. Unti-unting nagkaroon ng siwang ang pinto at pumasok ang liwanag mula sa labas.

Napansin kong parang may sumilip mula sa siwang. Nagsisimula na kong kabahan. Pwede naman kasing buksan ng malawak ang pinto at pumasok sya kung sino man sya.

**"May tao ba dyan?"** Kinakabahang tanong ko.

Nawala yung sumilip. Ilang minuto kong hinintay kung may papasok ba pero wala. Tatayo na sana ako para isara ang pinto pero lumangit-ngit ang bisagra nito habang dahan-dahang bumubukas.

*Pero bakit walang tao?!*

Bigla kong naalala yung pinag-uusapan ni Josh at Mayo kanina. Nag-aasaran sila na meron daw dito sa kwarto ko. Batang babae na naglalaro sa ilalim daw ng kama ko.

Napalunok ako ng ilang ulit. Tagaktak ang pawis ko kahit naka-aircon ang kwarto. Napa-atras ako sa higaan ko ng mapansin ko may kamay na naka-kapit sa gilid ng pinto. Meron ulo na bahagyang sumilip sakin.

Kinilabutan ang buo kong katawan lalu na ng marinig ko ang pangalan ko pero sa sobrang hina hindi ko na narinig ang sunod nyang sinabi. Tanging ang liwanag mula sa nakabukas na pinto lang ang ilaw ko.

*Kingina! Kingina! Kingina! Kingina!*

Sa sobrang takot na nararamdaman ko nahiga ulit ako sa kama at namaluktot. Nagtalakbong ulit ako at pumikit. Kulang nalang tawagin ko na lahat ng santo.

Halos dasalin ko na lahat ng dasal na alam ko ng marinig kong sumara ang pinto. Nanginginig ako kahit hindi naman ako nilalamig. Umurong lahat ng tapang ko lalu ng makarinig ako ng langitngit ng bakal.

Para bang gulong na kulang sa langis o kaya sisow na may kalawang na. Palapit ng palapit sakin ang tunog na yon. Parang sasabog ang puso ko, nakakabingi ang pagtibok non hangang sa.....

**"Eto sya."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 229

**A/N:** RIP kay Jay-jay sa previous chapter. Hahahaha... Nagpa-praktis na kong gumawa ng Horror.

Salamat po ng marami sa cover na ito.  Kitty_Crown\

**Video call**

***Jay-jay's POV***

MUNTIK NA! Muntik na kong malaglag sa kama. Kung hindi ba naman kasi....*haizt!*

Halos hugutin ko ang baga ko sa pagsigaw ng malakas. Napatakbo tuloy yung ilang nurse sa kwarto ko. Nakagalitan pa tuloy ako ng isang Doctor dahil sa eskandalo.

*At yun ay kasalanan ni Ci-N!*

**"Sira ulo ka!"** Inis na sabi ko paglabas ng nurse. **"...muntik na kong atakihin sa puso dahil sayo! Bakit ba naman kasi hindi ka pumasok agad?!"**

Nakatawa lang sya ng habang nagkakamot ng ulo. Gusto kong sipain ang wheel chair na kinauupuan nya para tumilapon sya palayo. Yun pala yung gulong na kulang sa langis.

**"Napuputol nga kasi yung connection."** Sabi nya habang tinuturo ang hawak na laptop. **"...naputol na naman nga eh. Hintay pa kong sagap ng internet."**

Akala ko talaga multo na yung sumisilip sakin at nagbukas ng pinto. Muntik na kong magmura sa lahat ng lengwahe---kahit hindi ko alam---dahil sa kanya.

**"Anu ba kasi yan? Hindi ba pwedeng bukas nalang?"** Medyo inis na sabi ko.

Umiling sya habang nagpi-pi-pindot sa laptop nya. **"Urgent to. Ngayon na dapat."**

*Lintik na yan! Akala ko talaga hihiwalay na yung kaluluwa ko sa katawan ko.*

Inis akong napakamot sa ulo. Idagdag pang nawawala ang Mama ko at hindi ko alam kung saan nagpunta. Pumikit lang ako sandali nawala na.

Habang naghihintay na magkaroon ng internet connection nag-usap muna kami ni Ci-N.

**"Alam mo ba kung anung nangyari kay Mykel tsaka kung nasan sya?"** Tanung ko.

Seryoso nya kong tinignan. **"Nakatakas sya. Wala ba nagsabi sayo na hinahanap sya ngayon ng Kuya Angelo mo?"**

Umiling ako. **"W-wala eh."**

*Nakatakas ang ugok.*

**"Galit na galit si Kuya mo kahapon nung makita ka sa emergency room na walang malay. Akala nga namin kami-kaming andun ang sisihin nya."**

Naiintindihan ko naman si Kuya. Lalo na at si Mykeliling ang may gawa nito sakin. Samantalang napabahag na nya ang buntot non.

**"Peste kasi talaga ang Mykel na yon."**

Nag-nod naman sya habang may pinipindot sa keyboard ng laptop. Na-curious ako dahil parang busy'ng busy sya.

**"May internet na?"**

Tinignan nya ko at ngumiti. **"Wala."**

**"Eh anu yang ginagawa mo?"**

Hinarap nya sakin ang laptop at naglalaro pala ang luko. BookWord ang Title ng game.

**"...Akala ko naman kung anu."**

Humiga ako sa kama habang pinagmamasdan ang mga kamay kong may balot ng benda. Sana lang walang komplikasyon ang mga to. Ang hirap pa naman kapag may ini-inda sa kamay.

*Ang sakit ng kalingkingan ay sakit ng buong katawan.*

**"Jay... Tulungan mo naman ako dito."** Sabi ni Ci.

Bumangon ako at tinignan sya. Kinuha nya yung lamesang may gulong na nilalagay sa kama para makaka-kain ang pasyente. Pinatong nya ang laptop don at inayos yon palapit sakin.

Dahan-dahang tumayo si Ci-N mula sa wheelchair at naupo sa tabi ko. Napilitan akong umusog dahil sa pagkiki-siksik nya. Nilapit nya ang lamesa samin at nagpipindot na naman sa laptop nya.

**"Tulungan mo ko sa nilalaro ko."** Dagdag nya.

Puro letra ang nakikita ko sa screen ng laptop nya at mukang kailangang maghanap ng word na mabubuo para sa karagdagang score.

Dahil wala pa naman yung hinihintay naming Internet connection naki-laro-laro nalang ako.

**"Eto..."** Turo ko sa screen. **"...Stars."**

**"Saan pa?"**

**"Eto... House."**

**"Ibang word naman. Yung may double O naman."**

Halos isubsob ko ang muka ko sa monitor mahanap lang ang sinasabi nya.

**"Eto! Eto! Door!"**

Mabilis naman nyang pinindot yung mga letra. **"Saan pa?"**

**"Poor. Cool. Stool. Pool. Boobs----."**

Bigla nalang syang tumawa sa huling salitang sinabi ko. Huli ko na napansin kung anu yon dahil tuloy-tuloy kong pagbabasa at pagturo ng mga words.

**"Jay-jay bastos."** Sabi pa nya.

*Natuwa ka naman?!*

Kinurot ko sya sa tagiliran. **"Hindi ko naman napansin."**

Bumalik kami sa ginagawa. Hanap ulit kami ng mga salitang may dobleng O. Nalibang kami at hindi namalayan ang oras.

**"Ang dami na nyan."**

**"Kaunti pa."** Pagpilit nya at naghanap na naman. **"Eto! Eto! Eto! Blood."**

Bigla nalang akong natigilan. Nagpaikot-ikot sa isip ko yung mga nangyari sa naging away namin ni Mykel. Pero merong kulang. Anung nangyari nung... Nung... Nung...

*Natikman ko na yung dugo?*

**"Ci..."** Tawag ko sa kanya. **"...A-anung nangyari pagkatapos nung... Nung... Hampasin ako ng tubo sa ulo."** Hinawakan ko pa ang benda sa ulo ko.

Unti-unting syang lumingon sakin para tignan ako. Seryoso ang mga mata nya at parang hindi makapaniwala sa tinanong ko.

**"Hindi mo maalala?"**

Umiling ako. **"Natatandaan kong bumangon ako at may nilabanan pa kong isang lalaki pero.... Nung dumampi yung dugo sa panlasa ko..."** Huminga ako ng malalim. **"...parang nawala na."**

**"Seryoso ka? Baka epekto ng pagkakahampas sayo."**

Umiling ako. **"Alam kong hindi."**

Tinignan nya sandali ang laptop bago ulit ako harapin. **"Medyo weird ka nga kahapon."**

*Weird?!*

**"Panung----?"** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglang pagtunog ng laptop ni Ci.

Sinara nya ang laro at may pinindot sa laptop nya. Biglang bumukas ang Skype at bumungad ang muka ng taong hindi ko inaasahang makita ngayon.

Mas tamang sabihin na ilang araw kong inaasahan na magpapakita sakin. Pero syempre umalis sya para bigyan ako ng space at asikasuhin ang mana nya. Kaya nawalan na ko ng pag-asang makita sya.

*Hari ng mga Ulupong.*

**["*What took you so long?!*"]** Inis na tanong nya kay Ci.

Bakit parang nag-iba yung boses nya? Lalaking-lalaki pakinggan. O baka dahil sa speaker lang ng laptop. Pinagmasdan ko ang muka nya, medyo magulo ang buhok at parang may kaunting balbas na tumutubo sa muka nya.

*Parang lalu syang gumwapo?*

**"Nawawala nga kasi yung connection."** Sagot ni Ci-N sa kanya.

Hindi-hinding ko itatanggi na na-miss ang ugok na to. Na na-miss ko ang kawalang-hiyaan nya. Na na-miss ko yung----basta na-miss ko sya! Kahit ginagago nya nami-miss ko sya.

**["*Where the hell is she?*"]**

Nabuhayan ang dugo ko sa sinabi nya. Hinahanap ba nya ko? Ako ba yung *she* na yon? Para akong na-e-excite na hindi ko maintindihan.

**"Andito----hala! Bakit ka umiiyak?"** Sabi ni Ci.

Buti nalang at umiwas ako sa camera ng laptop kaya hindi ako nakikita ng Gagong Hari. Kahit kasi nami-miss ko sya, malaking bahagi ko ang ayaw magpakita sa kanya.

Pinunasan ko ang luha na hindi ko namalayan na tumulo na pala. Silent killer ang mga luha ko, kumikilos ng palihim.

**"H-hindi... Napuwing lang."** Pagdadahilan ko.

Naningkit ang mata ni Ci. **"Hindi ako tanga. Umiiyak ka noh?"** Umiwas ko ng tingin. **"...Umiiyak ka kasi siguro hindi ka kita sa camera----teka ayusin ko."**

*Ay oo! Yun talaga ang dahilan. Sayang kasi ang ganda ko. Kainis!*

Alam mo yung gusto kong sampalin yung sarili kong muka pero hindi ko magawa dahil sa bendang nakabalot. Hindi ko alam kung engot ba talaga sya o naglalaro lang ng engot-engotan.

Nawala lang ang atensyon ko kay Ci ng makita kong seryosong nakatingin sakin ang Dimunyung Hari. Napalunok ako sabay iwas ng tingin. Kahit sa laptop lang kami nagkaharap pakiramdam ko nasa harapan ko talaga sya.

**["*Hey...*"]** Tawag nya sakin. **["*...How are you?*"]**

**"I'm fine, thank you."** Mabilis kong sagot na parang bata.

Na-tense ako bigla sa hindi ko maintindihan dahilan. Meron kinuha si Keifer sa tabi nya at nagpi-pindot.

**["*I need your complete statement about your experience after seeing blood.*"]** Diretsong sabi nya.

*A-anu?*

Tinignan ko si Ci-N na tinitignan lang yung kausap sa laptop. Sinabi ba nya yung nangyari? Alam kaya ni Keifer yung mga pinag-gaga-gawa ko?

**"Y-yun lang ba ang dahilan k-kaya mo ko hinahanap?"** Halos pabulong kong sabi.

May kung anung tumutusok sa dibdib ko. Akala ko gusto nya kong makita. Akala ko pareho kami na hinahanap-hanap ang isa't-isa.

Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin. **["*I need your cooperation. Kailangan nating malaman kung anung nangyayari sayo. This is for your own good.*"]**

Muli syang nagpipindot sa bagay sa tabi nya napalagay ko ay keyboard ng computer. Tumulo ang isang luha mula sa mata ko, na mabilis kong pinunasan bago pa nila makita.

Huminto sya at tumingin sakin. **["*Jay-jay.*"]** Tawag nya na nagsasabi na magsalita na ko.

*Kainis! Nahihirapan na naman ang kalooban ko.*

Lumunok ako at umubo ng bahagya para iklaro ang boses ko at alisin ang pagbabara ng hangin.

**"Hindi ko maalala ang nangyari. Basta tanda ko lang, parang nagustuhan ko yung kulay ng dugo at gustong tikman."** Kaswal na paliwanag ko.

**["*But you're scared of blood.*"]**

Bahagya akong umiling. **"Hindi ko masabi. Siguro kung marami, pakiramdam ko kasi may mamatay. Tsaka yun nangyayari din sakin, natatakot akong maulit yung ganun kaya ayoko makakita ng dugo."**

**"Edi takot ka sa mens mo?"** Inosenteng tanung ni Ci.

Napangiwi ako at nasampal naman ni Keifer ang sariling noo, na kanina ko pa gustong gawin sa sarili ko.

*Salamat po sa benda sa aking mga kamay!*

**"Bakit? Diba dugo din yon?"** Dagdag pa nya na muntik ng magpa-walk out kay Keifer.

**"Oo dugo yon. Pero iba ang kulay non sa sariwang dugo. Pula ang sariwa, itim naman ang regla. Okay na?!"** Iritang paliwanag ko.

Napakamot nalang sya sa anit. Muli kong hinarap ang Hari na kasalukuyang nag-t-type ulit sa keyboard. Sandaling katahimikan ang namagitan samin bago ulit sya magsalita.

**["*Ci-N... I need your statement.*"]**

**"Sige..."** Maganang panimula nya. **"...Ganito yon! Sinundan ko kasi si Jay-jay sa CR. Ayoko kasing kasama yung Percy. Tapos naka-salubong ko sila Mykel at yung----."**

**["*What I mean is....Argh!*"]** Nahilamos ni Keifer ang sariling muka. Halatang napipikon na pero pilit pinipigil.

**"Dun na sa part na nakabangon ako matapos hampasin ng tubo."** Sabi ko at nag-nod naman sya.

*Ang hirap naman kasing kausap ng Batang Kumag na to!*

**"Hindi ko masyado nakita lahat pero tanda ko..."** Hinimas nya ang baba na tila nag-iisip. **"...bumangon si Jay-jay na parang walang masakit sa**

**kanya. Tapos walang buhay yung mga mata nya na nakatingin kila Mykel. Nagsimula syang sumugod na parang galit na galit dun sa kaaway nya."**

Patuloy sa pagt-type si Keifer samantalang hindi maalis sa atensyon ko ang sinasabi ni Ci-N.

**"Tapos nakita ko yung kamao ni Jay-jay na puro dugo. Hindi ko alam kung sa kanya yun o sa kaaway nya. Naglaban sila ni Mykel pero nakatakas sya ng bumangon yung ibang kasamahan nya."**

**["*Anung nangyari nung naubos ang kalaban nya?*"]** Tanong ni Keifer.

**"Naupo sya tapos niyakap ang tuhod. Umiyak sya ng umiyak habang may sinasabi----anu nga ba yon?"** Kamot ulo na tanung nya sa sarili.

**["*Walang ng mananakit sakin. Hindi ako papayag na saktan nila ko.*"]** Si Keifer ang tila sumagot ng tanung ni Ci.

**"Yun nga! Panu mo nalaman?"**

Tinignan ako ni Keifer at ipinatong ang siko sa lamesa bago ipag-cross ang mga daliri nya. Nakadikit don ang bibig nya kaya natatakpan ang ilong nya hanggang baba.

**["*Ci... Please leave us.*"]** Utos nya.

Sumunod naman si Ci-N. Dahan-dahan syang tumayo at naupo sa wheelchair nya. Hinawakan nya ang gulong at pilit tinulak para makalabas ng kwarto.

**"Bakit mo pinalabas si Ci-N?"** Medyo inis na tanong ko sa kanya.

**["*I need to discuss something privately with you.*]** *Huminga sya ng malalim.* **["*Remember what you did to Ram?*"]**

Nag-nod ako. Hindi ko makakalimutan ang unang lalaki na kumidnap sakin para gamitin laban kay Keifer. Napabagsak ko ng hindi ko alam kung panu.

**["*It's the same scenario. Habang inaawat kita, pilit mo kong nilalabanan at paulit-ulit ka ng sinasabi.*"]**

"*Walang ng mananakit sakin. Hindi ako papayag na saktan nila ko.*"

Kinalabutan ako ng kusang pumasok sa isip ko ang mga salitang yun. Para yung isang pangako na hinding-hindi ko binitawan. Nag-umpisang bumilis ang tibok ng puso ko.

**["*Jay? Are you alright?*"]**

**"M-may sakit ba ko? B-baliw ba ko? Yung b-baliw na kailangan ng i-mental? Yung d-delikado sa kapwa?"** Tarantang tanong ko.

**["*Relax... Hindi ka ganun. Please stop worrying about yourself. I'll send your statement to Keigan's Psychiatrist and wait----.*"]**

**"Psychiatrist?! Baliw nga ako?! Ganun ba?!"** Para akong hindi makahinga.

**["*No. Please relax.*"]**

**"M-may sakit nga a-ako!"**

**["*No! Don't think like that!*"]**

**"P-panu kung m-meron?"**

**["*JASPER JEAN!*"]** Sigaw nya na animong isang tigre.

Kung kaharap ko lang talaga sya baka tinubuan na ko ng takot sa dibdib. Napa-pikit na rin siguro ako at nanigas sa kinatatayuan ko.

Huminga ako ng malalim at nanatiling nakatingin sa kanya. Tama sya. Hindi pa naman sigurado kung may sakit nga talaga ako. Hindi pa ko baliw na kailangang dalhin sa mental.

*Hangang kusina ka lang muna.*

**"Sorry. Natakot kasi ako."**

**["*It's okay. Hihintayin natin ang sasabihin ng Doctor.*"]**

Nag-nod ako. Tinignan nya ang wristwatch nya at muli akong hinarap. May ilang beses akong lumunok sa pagtatagpo ng tingin namin----kahit naka-laptop lang.

**["*I have to go. Please take care of yourself and...*"]** Hinintay ko yung kasunod na sasabihin nya. **["*...I miss you.*"]**

Biglang nag-end yung video call. Nakatanga lang ako habang pumipikit-pikit ang mata. Hindi makapaniwala sa narinig ko mula sa kanya. Unti-unting gumuhit ang ngiti sa labi ko.

*I miss you too, Gagu!*

**"Tapos na?"** Tanung ni Ci-N habang papasok ng kwarto.

**"Oo. Ikaw ba nagsabi sa kanya ng nangyari?"**

Ngumiti sya ng nakakaluko sakin. Mukang hindi ko na kailangan ng matinong sagot.

**"Loyal mo kay Keifer no?"** Sarcastic na tanung ko.

Tumawa lang naman sya. Inabot ko sa kanya yung laptop para hindi na sya tumayo mula sa wheelchair. Sandali pa kaming nag-kwentuhan tungkol sa nangyaring gulo samin nila Mykel.

*Asan na kaya ang ugok na yon?*

Sabi din nya balak ng mga Ulupong na balikan sya. Kung mauunahan nila si Kuya Angelo na makita sya. Hindi pa man din pero naaawa na ko sa kahi-hinatnan nya. Oo, kaaway ko sya pero masyadong malakas si Kuya tapos ang dami pa ng mga Ulupong.

**"Tignan mo... Nag-effort talaga mga classmate natin para maka-ganti sa Gagong yun."** Sabi nya habang naka-ngiti.

Sumibangot ako. **"Anung gusto mong iparating?"**

**"Wala... Baka lang sana----sana lang naman----pasinin mo na sila."**

**"Eh kung ayoko?"**

**"Sige ka... Magtatampo sila. Kapag nagtampo sila----."**

**"Ano?! Kapag nagtampo sila, ano?!"**

Ngumiti sya na halos labas ang gilagid. **"Magtatampo lang."**

Dinampot ko ang unan ko at binato sa kanya. Parang hindi sya nabugbog sa kakulitan nya. Saan kaya nang-galing ang energy nito.

Handa na sana kaming mag-gantihan ng biglang bumukas ang pinto at pumasok si Mama. May dala syang kape at tinapay.

**"Saan ka naman nag-punta?"** Inis na bungad ko sa kanya.

**"Sa cafeteria. Bumili ako nito, kayalang madami tao kaya natagalan ako. Bakit nga pala gising ka?"** Tinignan nya si Ci-N. **"...ikaw din. Di ba dapat nagpapahinga na kayo?"**

Napakamot nalang sa batok si Ci. **"O-opo. May pinag-usapan lang po kami ni Jay-jay. Alis na po ako."**

Nag-paalam na rin sya sakin. Nakahiga na rin ako at pinipilit ang sarili na matulog. Ayaw kasing mawala sa isip ko yung mga sinabi ni Keifer.

Panu kung meron nga akong sakit? Anu nang gagawin ko?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 230

**A/N:** Asan daw si GagongBaliw? Adyan lang. Pakalat-kalat. Hahaha Nilagyan ko ng translation yung text. Hnd daw ksi maintindihan nung iba. Jejemon kasi yung GagongBaliw at si Jay-jay.

**Home**

***Jay-jay's POV***

Kumikirot ang mga kamay ko. Sinubukan kong patunugin pero lalu lang sumakit. Wala naman daw problema, walang bali o pilay sabi ng doctor.

*Pero masakit pa rin.*

Badtrip kasi! Tuwing nangyayari sakin yun bagay na yon, nagkakaganito ang kamay ko. Kasalukuyan akong nasa sofa sa sala ng bahay. Nakauwi na kami galing sa ospital.

Kami---as in kaming lahat! Including Aries The Horoscope. Pwede nyo ng alamin ang kapalaran nyo.

Tinignan ko sya na nakaupo sa katapat kong sofa. Nakapikit sya habang nakasandal ang ulo. May band aid at gasa ang ilang parte ng muka nya. Samantalang ako yung benda nalang sa ulo ang naiuwi ko.

**"...Ganun ba? Sige salamat po."** Dinig kong sabi ni Tito Julz mula sa kausap nya sa cellphone.

Pumasok ng bahay si Tita Gema dala ang ilang bag namin ni Aries. Bumungad sa kanya ang malungkot na muka ni Tito.

**"Bakit? May nangyari ba?"** Tanung ni Tita.

**"Hindi daw pumapasok si Angelo. May ilang araw na daw."**

Napa-ayos ako ng upo. Panung hindi pumapasok? Seryoso? Pero sa kanila na nang-galing na marami pa ring pwedeng i-save sa company tapos hindi na pinuntahan ni Kuya.

**"...Ako nalang muna siguro mag-aayos nito. Baka pwede mong tawagan mga kaibigan nya? Tatlong gabi na syang hindi umuuwi dito."** Dagdag ni Tito.

Biglang nag-alala ang itsura ni Tita. Mukang hindi nya alam na ganun ang ginagawa ni Kuya.

**"S-sige... Tatawagan ko ang mga kaibigan nya."** Sagot ni Tita.

Iniwanan nya ang mga Bag namin at nagpunta sa kung saan kasunod si Tito. Maya-maya lang bumalik din sila na parang hindi mapakali at hindi alam kung anung uunahin. Parehong may hawak na cellphone ang dalawa at may kausap.

Nang muli silang mawala sa paningin ko si Mama naman ang dumating. Galing syang kusina at may hawak na baso ng juice.

*Parang gusto ko din sana non!*

Pinagmasdan ako ni Mama habang umiinom ng juice. Lumipat ang tingin nya kay Aries at napangiti naman sya.

**"Pag-ganyan kayo, lumalabas ang pagkakahawig nyo."** Nakangiting sabi nya.

Napangiwi ako kasabay ng biglang pagtayo ni Aries. Salubong ang kilay nya habang nakatitig sakin.

**"Eew! May hawig ako sa unggoy."** Sabi nya pa at mabilis na umalis papunta sa kwarto nya.

**"Sinong unggoy? Ganda ko namang unggoy kung ako nga yung tinutukoy mo kahit hindi naman."**

Hindi na sya sumagot. Nawala sa paningin namin ang topak na Aries. Baliw yung lalaking yun. Epekto siguro ng pang-bubugbog ni Mykel.

*Pero asan na nga kaya si Kuya Angelo.*

Hindi nya ko dinalaw sa ospital pero sinabi naman sakin nila Yuri na andun sya nung isinugod ako. Nalaman ko din na nahuli ng dating yung mga Ulupong dahil kampante sila na nasa second floor lang kami.

Kinutuban lang sila nung umalis si David na walang paalam. Nung pinuntahan ni Felix yung Second floor at nakitang wala kami dun na sila nagsi-kilos.

Parang mas gusto ko na hindi nila kami naabutan. Tama lang na nahuli sila ng dating kahit nabugbog na si Ci-N. Hindi ko alam ang paliwanag na gagawin ko sa kanila tungkol don sa nangyayari sakin kapag nakaka-kita at nakakalasa ng dugo.

*Pero anu nga kaya talaga yun? Sakit ba yon o anu?*

**"Ma..."** Tawag ko kay Mama na kasalukuyang nagte-text sa cellphone nya. **"...may naalala kabang kakaibang nangyayari o ginagawa ko nung bata ako?"**

Tinignan nya ko na puno ng pagtataka. **"Panung kakaiba?"**

Napabuntong hininga ako. **"Wala. Kalimutan mo na."**

Tumayo at akmang lalakad paalis ng muli syang mag-salita.

**"May problema ba? Pwede kang magsabi sakin."** Nakangiting sabi nya.

Napailing ako. Alam ko ang ginagawa nya. Sinusubukan nyang makipag-mabutihan sakin. Hindi pa ba sya masaya sa kaswal na pag-uusap namin bilang tao at may pag-galang sa pagtawag ko sa kanya ng '*Mama*'? Akala ko malinaw na sa kanya yung pag-uusap naming tatlo nila Aries.

**"Wala. Hindi mo rin naman maiintindihan."**

Kinuha ko muna ang bag ko at bag ni Aries sa sahig. Nilagpasan ko sya at umakyat na sa hagdan. May kabigatan ang bag nung Horoscope dahil mas matagal sya sa ospital.

Pagtapat ko sa kwarto nya, pabagsak kong binitawan ang bag nya at padabog na kinatok ang kwarto nya. Kumirot ang kamay ko kaya napahawak ako dito.

Bumukas ang pinto at nakasimangot na humarap sakin ang kapatid ko.

**"Wala kang utak! Pagkatok nalang hindi mo pa magawa ng maayos!"** Inis na bungad nya sakin.

*Ako pa ngayon ang walang utak.*

**"Bag mo! Ang pangit mo!"** Mabilis akong lumakad papunta sa kwarto.

Nagawa pa kong murahin ng lintik bago ko maisara ang pinto. Kung hindi lang ako pagod pa-uulanan ko sya ng mura. Akala nya sakin?! World record ata ang hawak ko sa lutong ng binibitawan kong mura.

Nabawasan lang dahil dun sa lintik ng '*Profanity*'. Pabagsak akong humiga sa kama. Naalala ko na naman yung huling pag-uusap namin nung Hari ng mga Ulupong.

Kasabay non ang kirot na nararamdaman ko sa puso ko. Hindi na kasi sya ulit tumawag pa. Nagpatulong na ko kay Ci pero hindi rin daw sinasagot ang mga message nya.

*Miss daw tapos isang beses lang tumawag. Ugok!*

Speaking of tumatawag, naririnig ko ang cellphone ko. Bumangon ako at nakita ko ang school bag ko sa ibabaw ng study table. Naiwan ko to sa room nung hinanap ko si Ci-N. Mukang dinala na ng nga Ulupong dito.

Mabilis kong hinanap ang cellphone ko pero namatay na ang tawag bago ko pa makita. Missed call galing kay GagongBaliw.

Ang dami ring text message mula sa kanya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *enjoy ur lunch.*
(*Enjoy your lunch*)

***From:*** *GagongBaliw*
***Message:*** *my adobo na my fastfood pa. Takaw!*

Nagtaka ako sa message nya. Eto yung araw na nawala si Ci-N. Panu nya nalaman na ganun ang ulam ko? Muli kong binalikan ang mga text nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *ang ingay ng stepbrother mo at nung bata. I can't sleep.*

Panung?! Panu nya nalaman na stepbrother ko yung isa sa kasama ko? Naguluhan ako sa sinabi nya. Panu sya naingayan kung... Wala namang tao don bukod samin! Walang ibang tao don! Bukas ang mga classroom kaya madali naming makikita kung may ibang tao---except sa isng kwarto.

*Yung dulong kwarto kung nasan yung mga picture.*

Dun lang nagbalik sakin yung nangyari. May tao don! Narinig ko yung malakas na pagsara ng pinto. Alam kong hindi nang-galing sa classroom ng Section E yon.

*Hindi kaya sya yun?!*

Tinignan ko pa yung ibang message nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *don't leave them! Ng-aawy sila.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Hey! Bkt ang tgl mo?*
(Bakit ang tagal mo?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *bkt hnd mo sinsgot mga txt q?*
(Bakit hindi mo sinasagot mga text ko?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *bkt hnd k ngr-reply?*
(Bakit hindi ka nagrereply?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *my nangyri ba? Bkt ngmmadli ka?*
(May nangyari ba? Bakit nagmamadali ka?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *i have 2 go. Sna oky k lng.*
(I have to go. Sana okay ka lang.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *na ospital k dw? What happen?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *cnong nanakit syo?*
(Sinong nanakit sayo?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *can u please answer my call?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Mykel Mitchell... I will make him pay.*

Natigilan ako. Panu nya nalaman ang bagay na yon? Panu nya nakilala si Mykel. Napa-upo ako sa kama. Sumasakit ang ulo ko sa pagkalito.

Nagsisimula na rin akong kabahan sa lalaking to? Sa tagal ng pag-uusap namin nitong mga nakaraang linggo. Madami akong napapansin sa kanya at karamihan don tumutugma sa isang taong kilala ko.

*Pero imposible! Hindi naman Jejemon yun!*

Hindi rin mahilig makipag-textmate yun. Hindi sya magsasayang ng oras sa ganitong walang kasaysayang bagay.

Muli kong tinignan ang mga natitirang message nya. Baka sakaling tumibay ang hinala ko.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Klan ka llbas ospital?*
(Kelan ka lalabas ospital?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *gsto sna kita dlwin. Dmi mo nga lng banty.*
(Gusto sana kita dalawin. Dami mo nga lang bantay.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *sna mg-reply ka khit isa s mga messge q.*
(Sana mag-reply ka kahit isa sa mga message ko.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *can't help it! Ppntahn na kita!*
(Can't help it! Pupuntahan na kita!)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *kya pla hnd rply. Ur sleeping. U look so peaceful.*
(Kaya pala hindi reply. You're sleeping. You look so peaceful.)

*Dinalaw nya ko?!*

Tinignan ko yung date at oras nung text. Pangatlo or pang-apat na araw ko yun sa ospital.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *ur Mom looks like u. Older version of u.*
(Your Mom looks like you. Older version of you.)

Napatayo ako habang nakatakip ang kamay sa bibig. *Nakaharap nya si Mama?* Mabilis akong lumabas ng kwarto at hinanap si Mama habang paulit-ulit na tinawag sya. Sa kusina ko sya nakita habang kausap si Tita Gema.

**"Anu ba yun?! Bakit ganyan ka makatawag?!"** Inis na sabi nya.

**"Diba?! Diba?! Tuwing gabi ikaw bantay ko nung nasa ospital ako?!"** Nagmamadaling tanong ko.

Taas kilay na nag-nod sya sakin. Kahit si Tita Gema nagtataka na ina-akto ko.

**"May dumalaw sakin na lalaki?!"**

Sandaling nag-isip si Mama. Alam kong gising si Mama kapag binabantayan nya ko sa gabi. Hindi rin sya pumupunta sa umaga dahil natutulog sya sa bahay non.

**"Parang wala naman..."** Sabi nya.

Bagsak ang balikat ko na tumalikod sa kanila. Aalis na sana ako ng magsalita ulit si Mama.

**"...pero nung minsan. May nakasalubong akong lalaki na papunta sa direksyon ng kwarto mo. Tapos nung bumalik ako nakita ko syang lumabas galing sa mismong kwarto mo..."**

Hinarap ko ulit sya at hinintay ang susunod nyang sasabihin. *Sana kilala nya! Sana kilala nya!*

**"...pamilyar sya sakin. Kayalang hindi ko nakita ng maayos ang muka nya, may suot kasing baseball cap."**

*Ay kingina!*

Napakamot ako sa batok ko at nagpaalam na sa kanila. Bumalik ako sa kwarto na agad na dumapa sa kama. Sunubsob ko ang muka ko sa unan.

Bwisit! Sino ba kasi talaga tong GagongBaliw na to! Muli kong kinuha ang cellphone ko. Hindi ko na tinapos ang pagbabasa ng mga text nya. Ako naman ang bumuo ng mensahe para sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Hoy! GagongBaliw!*

Hindi ko na kinailangang maghintay ng matagal. Agad ding nag-reply ang ugok.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I miss you too!*

Napangiwi ako at agad na nagpipindot sa cellphone para mareplyan sya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ng-punta ka pla sa ospital, bkt hnd ka ngpkita skin?*
(Nag-punta ka pala sa ospital, bakit hindi ka nagpakita sakin?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ngpakita ako! Naka-pikit ka nga lang. Haha*

Nagawa pa kong tawanan. Gago ata ang ugok!

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *sira ulo mo! Ngpunta ka rin nMn. Sna ngpakilLa ka na.*
(Sira ulo mo! Nagpunta ka rin naman. Sana nagpakilala ka na.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *u already know me.*

Nangunot ang noo ko sa sinabi nya. Hindi ko kaya sya kilala kaya nga pinipilit ko syang magpakilala. Shungaers!

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ewn ko syo! Kainis!*

Nabitawan ko ang cellphone ko ng muli na namang kumirot ang kamay ko. Hinilot-hilot ko yun para bawasan ang pananakit.

Nung huling nagka-ganito ang kamay ko si Yuri ang nagmasahe. Ilang araw lang at nawala na ang pagkirot. Kinuha ko ulit ang cellphone ko at tinext si Yuri.

Sinabi ko sa kanya ang pagkirot ng kamay ko at kung pwedeng gawin nya ulit yung ginawa nya dati. Saktong pag-send ko ng message. Dumating naman ang text ng GagongBaliw.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *nag-date kayo ni Yuri?*

*Whut?! Pati yun alam nya.*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *pki mo! Bkt pti yun alm mo?*
(Paki mo! Bakit pati yun alam mo?)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *why?! Bkt ka suMma sa nerd na yun.*
(Why? Bakit ka sumama sa nerd na yun?)

Bakit kilala nya si Yuri? At bakit nerd ang tawag nya? Close sila? Hindi ko nabalitaan yon.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Kc gsto ko!*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *hnd mo cnv na nerd ang type mo!*
(Hindi mo sinabi na nerd ang type mo!)

Kahit hindi ko sya kaharap. Ramdam ko ang pagka-irita nya. Para bang selos na selos sya kay Yuri.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *wla kng paki!*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *damn it! I'll wait for my chance and I assure u. Hnd ka na ttngin sa iba.*

Bigla nalang nagtayuan ang balahibo ko. Bumangod ako sa kama at iniwan ang cellphone ko. Mukang kailangan ko ng tubig. Hindi ko kinaya ang GagongBaliw na to.

Naglakad na ko papunta sa kusina. Wala na don sila Mama at Tita Gema. Nanguha ako ng tubig kagaya ng balak ko. Habang umiinom napatigin ako sa ref.

Hindi ako nakaka-kain ng maayos nung nasa ospital ako. Dahil wala namang tao, binuksan ko yon at bumungad sakin ang Cookies and Cream Ice cream. Napapa-palakpak pa ko bago kuhanin yon at simulang lantakan.

*Tsarap! Tsarap!*

Habang busy sa pagkain naririnig ko si Tita Gema na parang nagagalit. Lumapit ako sa pinto ng kusina at akmang lalabas pero narinig ko ang boses ni Kuya Angelo kaya huminto ako.

**"Ma! Please! Pagod ako!"** Inis na sabi ni Kuya.

**"Nag-iisip ka ba?! Basta ka nalang umalis at hindi pumapasok sa trabaho!"** Sermon ni Tita Gema.

**"May inasikaso lang ako!"**

**"At anu yon? Hinahanap mo yung bumugbog sa kila Aries at Jay-jay?! Kasuhan nalang natin, hayaan mo nalang na Pulis ang gumawa non."**

**"Hindi lahat ng problema solusyon ang Pulis."**

**"Angelo naman!"**

**"Papasok na ko bukas. Nakita ko na si Mykel kaya wala na kong p-problemahin."**

Gusto kong lumabas para tanungin si Kuya tungkol kay Mykel. Kung anung ginawa nya at kung anung nangyari dahil sa sunod nyang sinabi.

**"...comatose sya. Nasa isang Private Hospital. Mukang binalikan ng karma."**

*Digital talaga ang karma.*

Napatakip ako sa bibig ko. Kung ganun may iba ng nagpabagsak sa kanya? Pero sino? Kakaiba yung kabog ng dibdib ko.

Matagal pang nag-usap sila Tita at Kuya. Napilitan akong tumambay muna sa kusina at ubusin yung ice cream. Nang masiguro kong wala na sila dun lang ako lumabas at dumiretso sa kwarto. Tinawagan ko si Yuri.

**["*Jay?*"]** Bungad nya pagsagot ng tawag.

**"Busy ka ba?"** Tanung ko.

**["*Hindi naman, bakit?*"]**

**"Kasi... Si Mykel. Nasa isang Private Hospital daw."**

**["*What?! Buhay pa?*"]**

Napangiwi ako. **"O-oo naman."**

**["Good. Dahil ako ang papatay sa kanya."]**

*Bwisit! Ulupong talaga!*

**"Anu ka ba?! Puntahan natin! Gusto ko sya makita!"**

**["*Alam mo kung saang ospital?*"]**

**"Eh... Hindi."**

**["*Tss... Nice.*"]** Sarcastic na sabi nya. **["*Sandali. May tatawagan ako.*"]**

Hindi na nya hinintay ang isasagot ko. Pinatay na nya ang tawag. Mukang gagamitin din nya yung '*ways*' nya. Iba talaga kapag ma-pera, marami kang galamay. Para kang pwedeng malaman.

Minuto lang ang binilang at naka-receive ako ng text message galing kay Yuri.

**From:** *Yuri*
**Message:** *I'm on my way. Susunduin kita.*

Hindi na ko nagsayang ng oras. Nagbihis ako at agad na lumabas ng kwarto. Nagpaalam ako kay Tita na nasalubong. Ayaw pa sana nya kong payagan pero narinig ko na ang busina ng sasakyan ni Yuri kasabay ang pagtext nya sakin na nasa labas na sya.

**"Alam mo na kung saan?"** Bungad ko sa kanya pagsakay ng kotse.

**"Oo."** Mabilis nyang sagot.

Pina-andar nya ang kotse. Hindi ko mapigilan na hindi makaramdam ng tensyon. Kahit wala akong kinalaman sa nangyari sa kanya, pakiramdam ko konektado pa rin sakin ang gumawa nito sa kanya.

Nakarating kami sa isang pribadong ospital. May anim na palapag ang building at puro di-aircon ang mga kwarto. Huminto si Yuri sa parking at bumaba kami.

**"Sa ICU sya."** Sabi nya at nagpa-unang maglakad sakin.

Akala ko sa elevator ang tuloy nya pero ng makitang marami kaming makakasabay, pinili nyang maghagdan. Sumunod naman ako ng walang reklamo. Sa third floor kami huminto.

Lumapit kami sa isang Nurse Station.

**"Saan po dito ang ICU nyo?"** Tanung ni Yuri sa isa sa mga Nurse.

Tinuro naman nito sa hindi kalayuan ang isang bintana na may harang na kurtina. Malinaw ang nakapaskil dito na hindi pwedeng magpapasok ng unauthorize personnel.

Kumatok si Yuri sa katabing pinto nito at kinausap ang nurse na lumabas para sa kanya. Ilang sandali lang ng hawiin ang kurtina at bumungad ang matamlay na katawan ni Mykel.

*Fvcking shit!*

Parang hindi tao ang gumawa nito sa kanya. Magkabila ang tubo, linya at dextrose na naka-kabit sa katawan nya. Tanging ang aparato na may guhit-

guhit ang nagsasabi na may buhay pa sya.

Puro gasa at benda ang katawan. May ilang parte din na sementado at bahagyang nakataas. Meron din mukang inoperahan dahil foam ang nakasuporta sa halip na gasa. Hindi ko magawang tagalan ang itsura nya.

*Nakaka-pang-lambot.*

Tumalikod ako at iniwas ang tingin. Napansin yun ni Yuri kaya mabilis syang umalalay sakin.

**"Gusto mo na bang umalis?"** Tanung nya.

Nag-nod ako at kumatok ulit sya sa pinto ng ICU at nagpasalamat sa nurse. Naglakad na kami paalis.

**"Kung sino mang gumawa nito. Gusto nila o nyang pahirapan si Mykel. Binuhay para indahin yung sakit."** Sabi ni Yuri at napatingin ako sa kanya. **"...kung simpleng away lang to, kaya ni Mykel na lumaban kaya hindi sya aabot sa ganyan."**

*Tama sya! Gusto nya o nila na pahirapan sya.*

**"Tingin mo... Marami ang gumawa nito sa kanya?"**

**"Pwede... Malaking lalaki si Mykel. Mahirap kung isa lang ang lalaban sa kanya."**

Totoo yun. Kahit ako nahirap din syang kalabanin. Pero sino naman sila---- SILA!

Pinaningkitan ko sya ng mata. **"Baka naman kayo may gawa nito?"**

Mabilis syang umiling. **"No! We did not!"**

Dinuro ko yung muka nya. **"Minsan nyo ng ginawa yan kay Kiko! Malay ko kung inulit nyo kay Mykel!"**

*Sinabi ni Ci-N yun. Hinahanap din nila si Mykel para ganitahan.*

Seryosong tumingin sakin si Yuri at huminto sa paglalakad. **"It's not us, Jay. One hit rule is an order from Keifer and he's not here to command."**

Gumuhit ang pagtatanung sa muka ko. **"One hit rule? Anu yun?"**

Huminga sya ng malalim at tila nag-aalangan. **"Yun ang ginawa namin kay Kiko. It was a rule created by us. Para masigurong makaka-ganti kaming lahat ng walang lamangan at the same time buhay pa rin yung ginagantihan namin."** Paliwanag nya. **"...to make them suffer alive."**

**"B-bakit ngayon ko lang nalaman ang bagay na yan?"**

**"Dahil ayaw nyang ipaalam sayo."**

*Si Keifer...*

Bakit nga naman nila ipapa-alam sakin? Sino ba naman ako? Never naman yata nila kong tinuring na kabilang sa kanila.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 231

**A/N:** I want to know your opinion. Sa lahat ng nag-comment ng 'Malandi' kay Jay-jay sa mga previous chapter. Andito pa ba kayo? Do you still see Jay-jay as the same?

You see I'm an amateur. Hindi pa solid ang pag-buo ko ng character. May kulang or sobra na hindi kasama sa plano. I want to know so I can make some changes in the future.

**Ugly Truth**

***Jay-jay's POV***

**["*Wala na sakin! Pina-bura na ni Keifer.*"]** Sagot ni Ci-N mula sa kabilang linya.

Napabuntong hininga si Yuri at bahagyang nilapit ang cellphone sa bibig nya.

**"Kahit isa wala kang tinira?"**

**["*Wala talaga.*"]**

**"Sige, salamat."**

Namatay na ang tawag at binulsa ni Yuri ang cellphone. Mga video ng ginawa nilang kalokohan ang hinahanap nya kay Ci-N. Si Edrix daw kasi ang dating nagtatago non pero napunta na sa Batang Kumag.

Kaya nga nakita ko dati yung video ng pambubugbog nila kay Kiko. One Hit Rule ang tawag nila sa ginawa nilang yon. Umamin ang Yuri na hindi lang daw isang beses nilang ginawa yon.

Umabot ng mahigit 30 ang lahat-lahat. May video bawat isa bilang souvenir. Sinubukan naming hiramin ang mga video para sana makita ko kung sino-sino ang sinaktan nila. Pero sa kasawiang palad wala na daw.

Naka-loud speaker ang phone ni Yuri kaya dinig na dinig ko.

*I'm not blind----deaf pala.*

**"Bakit ba kasi may ganun pa kayo?"** Iritang tanung ko.

**"Marami kaming naka-away. Bumabalik sila kung kelan nila maisipan para gumanti. Yung One Hit Rule na yon ang panglaban namin sa kanila para hindi na sila bumalik..."** Kinamot nya ang batok. **"...nakakasawa kaya kung sila ng sila yung ka-aaway."**

**"Wow... Yung kaaway pinag-sasawaan pero yung pakikipag-away hindi."** Kuwaring namamangha ako.

Ngumiti naman sya. **"Hindi na mawawala samin yun. Section E kami Jay."**

**"Tsk! Tsk! Tsk!"** Napapailing na sagot ko sa kanya.

Nilagay nya ang mga kamay sa bulsa ng pants nya. Nag-cross arm naman ako at tumingin sa malayo. Hindi mawala sa isip ko kung sinong may gawa non kay Mykel.

Kung sino man sila, bakit parang galit  na galit sila? Kung '*Sila*' nga talaga sila. Kasi may kakaiba akong kutob.

**"Tingin mo, sino kaya talaga may gawa nun kay Mykel?"** Tanung ko sa kanya.

Hindi sumagot. Nanatili syang nakatingin sa malayo at parang malalim ang iniisip. Hinawakan ko ang balikat nya habang nakadiretso ang hintuturo ko para agawin ang atensyon. Paglingon nya tumusok ang daliri ko sa pisngi nya.

Bahagya syang tumawa. **"B-bakit?"**

**"Tinatanung kita. Tulala ka dyan."**

**"Sorry. Iniisip ko lang yung nangyari kay Mykel."** Huminga sya ng malalim. **"...I have this weird feeling na hindi isang grupo ang gumawa nun sa kanya."**

**"Parang isang tao lang."**

**"Isang tao lang."**

Halos sabay naming sabi. Nagkatinginan kami. Sabi na eh! Iba talaga ang kutob ko.

**"S-sino sa tingin mo?"** Tanung ko.

Yumuko sya sandali at tila nag-aalangan kung magbabanggit ba sya ng pangalan. Lumabi sya at tumingin sakin.

**"Si Keifer ang nasa isip ko."**

Nag-nod ako. Sya rin ang isa sa hinala ko pero meron pang isa. *Yung GagongBaliw!* Nagbanta sya sa text na pagbabayarin si Mykel.

**"Meron akong isang pinaghihinalaan."** sabi ko at kinuha ang cellphone ko mula sa bulsa. **"...baka kilala mo tong number na to."**

Inabot ko sa kanya ang cellphone habang nakalitaw sa screen ang pangalan at number ng hudlong na textmate ko.

Napataas ang isang kilay nya. **"Gagong...baliw?"**

*Ako nagpangalan nyan! Unique Bes! Unique!*

**"Wag mo ng intindihin yung pangalan!"**

Nagkibit balikat naman sya sabay kuha ng cellphone nya. Nagpipindot sya don at parang sinubukang idial ang number. Pero mabilis syang umiling ng walang makuhang kaparehong number sa kanya.

Kinuha ko ang cellphone sa kanya.

**"Sino ba yan?"** Tanung ulit nya.

**"Katext ko tong Gunggong na to. Ayaw nya magpakilala sakin pero kilala nya ko at kayo. Tapos nung na-ospital ako, nagbanta sya na pagbabayarin si Mykel."**

Binuksan ko ang convo namin at pinakita ang message ng hudlong. Binasa naman nya yon pero parang hindi sya nakuntento. Binasa nya pa ang mga naunang message.

**"Okay lang ba kung simulan ko sa unang message?"**

Nag-nod naman ako at hinayaan syang basahin ng basahin ang mga laman. Medyo matagal-tagal din bago nya matapos yon kaya naman naupo na ko sa isang plant box malapit sa pwesto namin.

**"Jay, kelan tong may piring na hinalikan ka nya?"** Medyo inis na tanung nya sakin.

**"Nung na-kidnap ako tapos may nasaksak si Keifer."**

Tinitigan nya ko at parang meron syang inialala. **"Walang ibang taong nakatayo don nung dumating kami. Si Keifer lang ang may malay."**

*Alam ko na yan. Yan din ang nasa isip ko nung una.*

Tumayo ako at lumapit sa kanya. **"Oo nga, pero imposible sya yan. Una, malayo ang pwesto ni Keifer sakin nung dumating kayo."**

**"Hindi."**

**"Ha?"**

**"Nakatayo sya malapit sayo nung dumating kami."**

Kumunot ang noo ko. Nagsisimula na naman akong maguluhan.

**"P-pero pag-alis nung piring sakin...."**

**"Nakatayo sya, pinilit nyang maglakad pero bumagsak din sya agad dahil dun sa sugat nya."**

*Holy Fvckining Shit!*

Anu ibig sabihin non? Na sya nga yung humalik sakin? Na sya tong katext ko na nagpapansin sakin? Pero bakit? Panung? Kinginang! Anak ng shutanginames!

Pero panu kung hindi. Panu kung sinasabi lang nitong Gago na to na sya ang humalik sakin kahit hindi naman pala talaga. O pwede ring sya naman pala talaga at nasakto lang na pag-alis nya ang pagtayo ng Hari ng mga Ulupong.

**"I think it's better kung hindi mo muna replayan ang isang to. Hindi natin alam kung sino sya talaga."** Sabi ni Yuri at binalik ang cellphone ko sakin.

Nag-nod lang ako sa kanya kahit wala naman talaga akong balak na sundin ang sinabi nya. Panu ko malalaman kung sino nga talaga to kung hindi ko sya makaka-usap. Kukuha ako ng mga clue na magtuturo sa kanya.

**"Tara na... Ihahatid na kita. Dumidilim na."**

Napatingin ako sa langit. Hindi naman dumidilim dahil pagabi. Dumidilim ang langit dahil mukang uulan. Nakumpirma ko pa yon dahil sa mahinang kulog na narinig ko.

Mabilis na naglakad si Yuri papunta sa kotse nya. Nakasunod lang ako at agad na sumukay ng pagbuksan nya.

**"Muntik na tayong abutan ng ulan."**

*Oo nga. Bawal pa naman syang mabasa. Dadami sya.*

Pinaandar nya ang kotse at naging tahimik. Minuto lang ang binilang at bumuhos ang malakas na ulan. At tsaka ako napatanong sa sarili ko.

*Naligo ba ko?*

It doesn't matter. Andito na ko, pauwi na nga eh. P-problemahin ko pa ba kung hindi ako nakaligo? Hindi rin naman siguro halata. Wala naman sinabi si Yuri.

Pasimple kong inamoy ang kili-kili ko. *Bango!* Kelan ba ko huling nag-ahit?

**"Jay? Okay ka lang?"** Tanung ni Yuri.

*Ay nakita pala ako!*

**"O-oo... May tinignan lang ako."** Sabi habang umaayos ng upo.

Ngumiti sya sakin at nag-concentrate sa pag-drive. Sandaling huminto ang kotse dahil sa traffic light na nag-kulay red. Nagtawiran ang mga tao at habang pinag-ma-masdan sila meron akong naalala.

**"Yuri. Diba sabi mo, mahigit 30 ang nakatikim ng One Hit Rule nyo?"**

**"Oo. Bakit?"**

**"Naaalala mo pa ba kung sino-sino ang mga yun?"**

Napahimas sya ng batok. **"Hhhmmm... Well, yung iba don. Yung mga nanakit sayo at pinagtangkaan kang kidnapin."**

Tinignan ko sya na salubong ang kilay. Yung mga unggoy na nagtangka sakin? Yung mga naka-away ko sa daan? Seryoso?

*Joke yun, joke. Joker si Yuri eh.*

**"... Sa tingin mo bakit hindi ka na binabalikan ng iba sa kanila?"**

Napaisip ako. Oo nga no?! Kung tutuusin pwedeng-pwede na nila kong balikan dahil alam naman nila kung saan ako pupuntahan.

**"Ayun yung dahilan?"**

Nag-nod sya. **"Isang tao lang ata ang hindi namin nabilakan..."** Bahagya syang umubo. **"...yung ex mo."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Si Cyrus?! Eh nakatikim na sya kay Keifer ah?"**

Medyo tumabingi ang ulo nya. **"N-nabitin daw sya."**

*Ang tindi!*

Nakakahiya naman. Hindi na makabangon si Cyrus non. Nadala pa sa ospital. Tapos nabitin?! Ay nakakahiya talaga.

Napairap nalang ako sa hangin. Kakaiba talaga ang mga Ulupong na to.

Mas lalong lumakas ang ulan at parang nagsisimula ng bumaha sa labas. Napansin ko ang biglang pagliko ng kotse sa isang parking lot.

Malawak ang parking lot at covered kaya safe sa ulan.

**"Aanu dito?"** Tanong ko.

**"Lakas ng ulan. Baka maaksidente tayo."** Sabi nya at hininto ang kotse. **"...kain muna tayo. Libre ko."**

Mabilis kong tonanggal ang seatbelt. **"Tara na! Ang bagal mo!"**

Nauna pa kong bumaba sa kanya. Napapailing nalang sya habang binubuksan ang pinto ng kotse nya.

*Libre to men!*

Nilock nya ang pinto ng kotse bago lumapit sakin. Ang daming tao sa entrance at exit ng mall. Dahil siguro sa ulan kaya hindi rin sila maka-alis.

Napilitan akong makipag-siksikan sa kanila. Pagpasok sa loob, naka-balandra pa rin ang mga tao kaya ganun na naman ang ginawa ko.

Sa kalagitnaan ng pakikipag-siksikan ko, bigla nalang may umakbay sakin. Nagulat ako at handa na sanang manapak pero tumigil din ako ng makita ko kung sino.

**"Wag ka lumayo sakin."** Sabi ni Yuri na nakatingin sa harap. **"...baka mawala ako sayo."**

Nangunot ang noo ko. Bakit parang iba ang dating ng sinabi nya? Pinili ko nalang wag pansinin yon.

Nang malagpasan namin ang kumpol ng mga tao, agad akong bumitaw at lumayo sa kanya. Tinignan ko din sya ng masama.

**"Bakit ganyan ka makatingin?"** Tanung nya na parang nang-aasar.

**"Yang hirit-hirit mo na yan! May kalalagyan ka."** Banta ko.

Malakas na pagtawa lang ang tinugon nya sakin. Pinag-tinginan sya ng ilang malapit sakin.

"*Gwapo ng pagtawa ni Kuya.*"

"*So manly, makalaglag panty.*"

"*Wafu ni Kuya.*"

Napatingin naman ako dun sa mga nagsabi non. *Ayos nyo brad!* Hindi ko kinakaya yung mga pinag-sasasabi nila. Nang makitang nakatingin ako sa kanila, mabilis naman silang umalis.

**"Selos naman agad."** Parinig ni Yuri.

**"Excuse me, hindi ako nagseselos. Nakakaloka lang yung sinabi nila."**

**"Bakit ka nagre-react? Wala naman ako sinabi na ikaw yun."** Pang-aasar nya.

Tinapat ko ang kamao ko sa muka nya. **"Gusto mo nito?"**

Umiling sya. **"Sabi ko nga tara na. Kain na tayo dun sa Tokyo-Tokyo."**

**"Yan, ganyan!"**

Naglakad na kami papunta don sa tinuro nyang kainan na may tema ng Japan. Inutusan nya kong maghanap ng pwesto at sya na raw ang o-order.

Habang naghihintay, narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Isang text message ang dumating. Kinuha ko yon mula sa bulsa at tinignan kung sino man ang lapastangan.

Yung *GagongBaliw* ang unang pumasok sa isip ko at mukang tama nga ako.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Y r u with Yuri again?*
(Why are you with Yuri again?)

*Panu nalaman nito yon?*

Mabilis kong niligin ang paningin ko sa pagbabakasali na may magpapakita sakin o magpapakilala sya. Pero anu nga bang inaasahan ko.

May mga lalaking nakahawak sa cellphone nila pero malabong sila ito. Mabilis ko syang nireplyan.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *pnu mo nlman? Andto k b? Asn? MAGPAKITA KA!*
(Panu mo nalaman? Andito ka ba? Asan? Magpakita ka!)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I dnt want to! Kng gsto mo kng mkita pnthan mo ko!*
(I don't want to! Kung gusto mo kong makita puntahan mo ko!)

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ayw! Mmya pgka-kain.*
(Ayaw! Mamaya pagka-kain.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Takaw! Takaw!*

Balak ko na sanang murahin ng matindi-tindi ang isang to kundi lang dumating si Yuri. Tinago ko ang cellphone ko.

**"May katext ka?"** Inosenteng tanong nya.

**"W-wala... N-nagbabasa lang."**

**"Ng? Wattpad? Naku! Tigilan mo yan... Nakaka-adik yan."**

Taka akong napatingin sa kanya. **"Kilala mo yung wattpad?"**

Nag-nod sya. **"Nagbabasa din ako dyan minsan. SciFi o kaya Fantasy."**

**"Edi adik ka din sa wattpad?"**

Umiling sya. **"Kapag free time lang naman ako nagbabasa. Pero kapag may gagawin, sinasantabi ko muna."**

Napangiti ako. Yung may lalaki pa lang kagaya nya na wattpader. Ang angas-angas tapos nag-wa-wattpad.

**"Tuloy mo yan. Nakaka-attract yan."**

**"Na-a-attract ka ba?"** Nakangiti nyang tanong.

*Matagal na kong na-attract sayo pero nangibabaw ang feelings ko sa Hari ng mga Ulupong.*

Mabilis akong nakaramdam ng pagka-ilang. Pinili kong irapan sya para hindi ipahalata ang nararamdaman ko. Tinawanan naman nya ko bilang sagot. Hindi nagtagal dumating ang isang waiter dala ang order nya.

Duon ko tinuon ang atensyon ko. Busy-busyhan ako sa pagkain kahit ang totoo, naglalaro sa isip ko ang sitwasyon naming tatlo.

Patapos na kong kumain ng muling tumunog ang cellphone ko. May tumatawag sakin at ng tignan ko yun----yung *GagongBaliw.*

**"Sino yan?"** Tanung ni Yuri.

Hindi ko na sinagot ang tanung nya. Pinili kong sagutin ang tawag nung GagongBaliw.

**"Hello..."** Bungad ko pagka-sagot. **"...kailangan mo?"**

Akala ko magsasalita pero wala akong narinig sa kabilang linya hangang sa aksidente akong napatingin sa glass wall ng kainan. Natigilan ako.

Nakatayo sa hindi kalayuan ang taong kanina lang ay nasa isip ko.

*Si Keifer.*

**"Jay... May problema ba?"** Tanung ni Yuri.

Nabitawan ko ang cellphone ko at unti-unting napatayo mula sa kina-uupuan ko. Titignan na sana ni Yuri ang tinitignan ko pero may ilang kabataan ang dumaan at kasabay ng paglagpas nila ang pagka-wala nya.

**"Sinong tinitignan mo?"**

Hindi ako pwedeng magkamali. Si Keifer talaga yung nakita ko. Mabilis naglakad palabas at hinanap ang pamilyar na pagmumuka nya pero wala na. Kahit likod man lang nya.

Hindi ko napansin na sumunod sakin si Yuri.

**"Jay! Bakit? Anu ba yon?! May nakita ka ba?!"** Nag-alala nyang tanung.

**"N-nakita ko sya dito... Naka-tayo sya dito."**

**"Sino?"**

**"Si.... Si.... K-keifer."**

Paikot-ikot pa rin ako sa paghahanap at pagbabaka-sakali na makita ko sya ulit.

**"Baka naman na-malik-mata ka lang."**

Umiling ako. **"Andito talaga sya. Nakatingin sya satin."**

*Sya talaga yon. Hindi ako pwedeng magkamali.*

Salubong ang mga kilay nya. Nasa bulsa ang isang kamay at isa naman ay may hawak na cellphone. Dun lang bumalik sa isip ko yung cellphone ko. Hawak yon ni Yuri at mabilis kong inagaw.

Isang text message ang iniwan ng GagongBaliw.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Don't.*

Sinubukan kong tawagan ang number nya pero nakapatay na agad ang cellphone nya. Ilang beses ko pang sinubukan pero wala. Panu kung sya nga ang GagongBaliw na to?

Nakagat ko ang ibabang labi ko.

**"*Naze...*"** (why...) Dinig kong bulong ni Yuri.

Hindi ko naintindihan yung sinabi nya pero sa paraan ng pagtingin nya sakin na para bang puno ng pagtatanong. Habang nakatingin sa kanya, kusa nalang bumagsak ang mga luha ko.

Mabilis akong niyakap ni Yuri. Nasubsob ako sa dibdib nya. Alam kong pinagtitinginan na kami ng mga tao pero wala akong paki-alam sa kanila.

**"*Kare no tame ni nai te i nai.*"** (Don't cry because of him.)

*Tang'nang to! Hirap na hirap na nga ako, nagawa pang magsalita ng Hapon.*

Sarap tuktukan! Hindi yata sya na-inform na hindi ako marunong mag-nihonggo. May ilang sandali pa kaming ganun ang posisyon bago ko maisipang humiwalay sa kanya.

**"Sorry... Hindi ko napigilan. Nainis kasi ako."** Paliwanag ko habang pinupunasan ang mga luha ko.

**"Okay lang... I'm always here for you."**

Hinawakan nya ang ulo ko at bahagyang ginulo ang buhok ko. Nagpilit sya ng ngiti. Unti-unting umalis ang kamay nya sa ulo ko at bumaba yun sa kamay ko. Hinawakan nya ang pu-pulsuhan ko.

Dahan-dahan syang naglakad at nagpati-anod lang ako. Sa mga kamay namin ako nakatingin. Hindi ganun kahigpit ang pagkakahawak nya pero parang apektadong apektado ako. Parang napapaso ang pulso ko.

Nakarating kami sa parking at pinagbuksan nya ko ng pinto. Sya na rin ang nagkabit ng seatbelt ko. Muli syang ngumiti sakin bago isara ang pinto. Para syang walang buhay habang naglalakad papunta sa driver's seat.

Pagpasok nya, malakas na buntong hininga ang binitawan nya. Kinabit nya ang seatbelt at sinara ang pinto bago paandarin ang sasakyan. May ilang minuto na kami sa byahe ng basagin ko ang katahimikan.

**"S-sorry."** Halos pabulong kong sabi.

**"Wala kang dapat ihingi ng sorry."** Sabi ng hindi tumitingin sakin.

**"Nasasaktan na naman kita."**

Sandali syang tumingin sakin bago ibalik sa daan ang paningin at ihinto ang sasakyan sa tabi ng daan. Naging tahimik ako dahil hinihintay ko ang sasabihin nya.

**"Gusto kitang sisihin."** Panimula nya. **"...gusto kong magalit sayo. Gusto kitang sumbatan. Pero mali yon, kasi umpisa pa lang alam ko na. Malinaw sakin na si Keifer talaga."**

*Please... Yuri...*

Napayuko ako. **"Kaya siguro, dapat huminto ka na. Ayaw na kitang saktan."**

**"Hindi pwede."** Sagot nya dahilan para tignan ko sya. **"...Kelan mo pa napatigil ang pagmamahal?"**

**"Pero Yuri. Nasasaktan ka lang sakin."**

**"At nasasaktan ka sa kanya, but did you stop?"**

Napailing ako dahil sa mga sinasabi nya. Malinaw sakin ang dahilan kung bakit ginagawa nya to pero bakit parang naguguluhan pa rin ako.

Tinanggal nya ang seatbelt at bahagyang lumapit sakin. Hinawakan nya ang kamay ko at hinalikan yun.

**"Hurt me. Hurt me many times. Hurt me anytime. I don't care. Hurt me until I feel numb."** Mahigpit ang pagkakahawak nya sa kamay ko. **"...tatanggapin ko kahit gano kasakit. Kasi mas kaya ko yon, kesa ang mawala ka sakin."**

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Bakit ba kasi? Bakit ba kasi hindi nalang sya at ako? Bakit ba kasi hindi nalang sya ang piniling puso kong busy sa pag-jumping rope sa dibdib ko?

**"Bagay ka talagang president ng club natin."** Sabi ko at taka nya kong tinignan. **"...Shunga Lovers Club."**

Unti-unti syang napangiti habang hawak pa rin ang kamay ko. Hinalik-halikan nya yon bago magsalita.

**"At ikaw ang vice president."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 232

**Doughnut or Do not**

***Jay-jay's POV***

Weird! Sobrang weird! Super duper weird! Super duper ultra weird! Super duper ultra omega to the highest level weird!

*Muka mo Jay-jay weird.*

Nakatayo ako sa harap ng table ko habang nakatingin sa mga pagkain. Oo, sa MGA pagkain. May isang box kasi ng donat sa table ko. Meron ding kape na galing Starbucks.

**"Jay-jay!"** Bati sakin ni Ci-N habang palapit.

Napatingin sya sa isang box ng donat. Namilog agad ang mga mata nya sa tuwa na akala mo para sa kanya yung pagkaing kaharap.

**"Penge!"** Sabi nya at akmang aabutin yung box pero hinampas ko ng malakas ang kamay nya. **"...Aray!"**

**"Basta ka kuha! Hindi naman natin alam kung kanino galing yan!"**

**"Syempre, isa sa mga classmate natin! Wala ka namang manliligaw sa labas para dalhan ka ng ganyan!"** Inis na sabi nya habang hinihimas ang kamay.

Naningkit ang mga mata ko sa kanya. **"Alam kong galing sa kapwa Ulupong mo yan! Ang ibig kong sabihin, sino sa kanila?!"**

Sabay naming tinignan ang mga Ulupong. Si Eman ang unang pumasok sa isip ko dahil sya ang kusinero namin dito. Nagsalubong ang tingin namin pero pinagtaasan lang nya kami ng kilay.

*Okay, hindi sya!*

Si Yuri ang sunod naming tinignan. Ngumiti lang sya at kumaway sakin.

*Okay, hindi rin sya!*

Lumingon ako sa gawing kaliwa kung saan magkakatabi ang magkaka-tropa sa kalokohan at magkaka-away.

Si Edrix na busy sa phone ang inuna ko pero hindi man lang nakaramdam ang Gago. Mukang naglalaro sya ng kung anu sa cellphone nya.

*Okay, hindi din sya!*

Katabi nya si Rory na may sinusulat sa notebook nya. Tumingin sya sa gawi ko at mabilis ding hinarap ang notebook. Para bang meron syang nililista na hindi ko maintindihan.

*Hindi rin sya.*

Basta hindi sya! Matakaw din yan, kung sa kanya galing yan, kahon nalang ang makakarating sakin!

Sinunod ko naman si Mayo. May pagkakataon na lilingon sya kay Kit pero mabilis ding haharap sa kausap na si Josh.

*Mukang hindi rin sya. Si Kit ang focus nyan.*

Ang kausap naman nya ang pinuntirya ko. Kaso mukang hindi rin sya. Kasi kung sya yun, bibigyan muna nya yung alaga nyang pusa bago ako.

*Tsk! Tsk! Tsk!*

Sa kanang gawi naman sana ako titingin pero napatigil ako ng makita ko si Ci-N. Nakabukas na kasi yung box at nasa kamay na nya yung isang donat at meron pa syang subo-subo.

**"Aba! Nalingat lang ako sandali!"**

**"Ma....rap."** sabi nya habang punong-puno ang bibig.

Nangunot ang noo ko. **"Anu?!"**

Tanging pag-nguya nalang ang naisagot nya sakin. Hindi pa sya nakontento. Kumuha pa sya ng isa bago umupo sa pwesto nya.

Naupo na rin ako habang nagkakamot ng batok. Basta pagkain nga naman ang usapan. *Haizt!*

Pasimple kong sinilip yung donat. Mukang masarap naman talaga. Iba-iba flavor at mukang galing sa mamahaling bilihan ng donat.

*Tig-11 pesos lang kasi ang kaya ko.*

Tinignan ko yung mga Ulupong na malapit sakin. Nakatingin pala sila at mabilis ding nag-iwas ng tingin. Para bang inaabangan talaga nila kung kukuha ako o hindi.

Tsk! Kung kukuha ako----syempre makaka-kain ako. Wala na kong paki kung anu pang isipin nila. Masarap kaya ang donat.

Pero kung gagawin ko ang inaasahan nila----*Basta! Kakainin ko to!* Wala ng isip-isip pa. Bakit ko pa pag-iisipan? Pagkain to uy! Food is life! My life to be exact.

*Lapang kung lapang!*

Wala na kong paki kung isipin man nila na talo dahil sa pagtanggap ko ng bigay. Kumuha ako ng isa at dali-daling kumain. May narinig pa kong nag-apir pero hindi ko na pinansin.

Kumain lang ako at sinabayan pa ko ni Ci-N. Napatingin ako kay David na bagong dating. Nakataas ang isang kilay nya samin at parang nagtatanong kung saan galing ang kinakain namin.

**"Gusto mo? Kuha ka."** Alok ko.

**"Yung kape nalang siguro."** Sabi nya sabay kuha dun sa kape.

Yung itsura nya parang puyat na puyat na naman. Sabagay mukang lagi naman syang puyat. Magtutulog lang sya hangang mamaya.

*David na may sosyaling instinct pero laging pikit.*

Malapit na naming maubos yung donat ng mapatingin ako sa box. Meron kasing nakasulat na natatakpan ng natitirang donat. Kinuha ko yung mga natitira at pinahawak kay Ci-N para mabasa ko yung nakasulat.

'*Congrats,*

*Dahil kinain mo ang laman nito. Ibig sabihin pumapayag ka makipag-date sakin.*
*Mamaya pagkatapos ng klase.*

*—Felix.*'

Napataas ang kilay ko. Si Felix nagbigay nito? Aba matindi! At anung date?!

*Anak nang... Naisahan ako!*

Mabilis akong tumayo at binato ang kahon kay Felix na kasalukuyang nakangiti ng nakakaluko. Yumuko sya para umiwas.

**"Wala akong sinabi na pumayag ako!"** Inis na sigaw ko sa kanya.
**"...tsaka hindi naman ako ang kumain, si Ci-N!"**

**"Pero kumain ka pa rin."** Nakangiting sabi nya.

**"Basta! Hindi ako makikipag-date sayo!"**

Bumalik ako sa kinauupuan ko at cross arm na sumandal. Naririnig ko pa rin ang asaran at tawanan nila. Akala naman ng mga Ulupong na to malalamangan nila ko ng ganun.

*Hindi uy! Wais to men, wais!*

Dumating si Sir Alvin at nagsimula ang klase namin. Sinimulan nya sa pagbibilin sa magiging exam namin hangang sa....

**"Half day lang kayo ngayon."** Announce nya.

Napatuwid ako ng upo. Kulang nalang lumaki ang isang tenga ko para marinig ko ng maayos yung sinabi ni Sir.

**"...May meeting kasi ang mga board members at faculty."**

Mabilis na nag-celebrate ang mga Ulupong. Meron pang pumalakpak at naghihiyaw na feeling nanalo sa lotto. Minsan talaga bukod sa pagiging Ulupong at Patay Guts, OA din sila.

Tinuloy na si Sir ang pagtuturo kahit ang atensyon ko ay andun lang sa in-announce nya.

*Hehehe...*

Lumipas ang oras ng hindi ko namamalayan. Natapos ang klase namin at syempre, wala ng pasok kaya mabilis kong nililigpit ang gamit ko.

Papalabas na ko ng room ng marinig ko si Felix na tinatawag ako.

**"Hintayin mo ko! May date pa tayo!"**

Napangiwi ako. Akala naman nya papayag ako sa Date na sinasabi nya.

**"May Date kayo?"** Tanung ni Ci na biglang sumulpot sa harap ko.

Muntik ko na syang mamura dahil sa gulat. Daig pa kasi nya kabute sa biglang pagsulpot. Inis ko syang tinignan.

**"Hindi no! Tara na nga, uwi na!"** Sabi ko sabay batak sa bag nya.

Malalaki ang hakbang ko palayo sa room namin para makaiwas kay Felix. Bahala sya sa buhay nya. Date nya muka nya, pwede pa.

Pagdating sa gate nakisabay kami sa mga kumpulan ng mga istudyante. Nadidinig ko pa ang pangalan ko na tinatawag nila. Paglabas binitawan ko na si Ci at nagtatakbo. Alam ko namang susunod sakin ang batang kumag.

Nang makaramdam ng pagod dun lang ako tumigil. Malayo-layo na kami sa school.

**"Hoy! Jay-jay!"** Inis na tawag sakin ni Ci-N.

Naghabol muna ko ng hininga bago sya sagutin. Ang bilis kasi ng takbo ko kanina. Daig ko pa kasali sa marathon.

*Feeling long legged ako.*

**"Jay-jay!"** Tawag ulit nya.

Inis ko syang hinarap at handa na sana akong talakan sya pero umurong ang dila ko ng makita ko ang nasa tabi nya.

Nakasandal sa kotse si Felix at naka-silip naman si Percy sa bintana. Pareho silang nakatawa at ngiting ngiti sakin. Nakangiwi akong tumingin kay Ci-N.

**"Takbo ka pa! Naka-kotse sila!"** Inis na sabi nya. **"Tinatawag kita kanina."**

**"Sorry naman."**

**"Akala mo naman matatakasan mo ko."** Pang-aasar ni Felix. **"...wais to bro, wais."**

*Linya ko yon!*

**"Akala mo naman papayag akong makipag-date sayo."** Pang-gagaya ko sa tono nya. **"...wais to bro, wais."**

**"Mamasyal."** Sabi ni Ci.

Umiling ako. Kahit saan pa nila ko dalin. Enchanted Kingdom man yan o Disneyland.

**"Mag-shopping."** Dagdag nya.

Umiling ulit ako. Kahit bilhin pa nila ang buong Pilipinas.

**"Pagkain."**

Umiling na naman ako. Kahit lahat pa ng pagkain—baka pumayag pa ko.

**"Libre."**

Umiling—*teka lang!* Ibang usapan na. Libre daw eh.

Tinignan ko si Ci-N na nakangiti sakin. Ganun si Felix at Percy na nakahawak na sa manibela ng kotse.

*Papayag na yan! Papayag na yan!*

HINDI! Hindi ako magpapaloko sa libre na yan. Kahit ano pa yan. Hindi! Hindi! Hindi!

**"Sige. Gusto ko ng Pizza."** Sabi ko at mabilis na sumakay ng kotse.

Pumlakpak pa ang Ci-N at Felix sa sobrang tuwa. Sa backseat ako pumwesto at sumunod naman sakin ang Batang Kumag.

**"Sinong may sabing kasama ka?"** Iritang tanung ni Percy kay Ci.

**"Si Jay-jay."** Mabilis nyang sagot sabay kapit sa braso ko.

*Wala naman akong sinasabi ah?*

**"Okay lang yan para hindi mailang sakin si Jay-jay."** Sabi ni Felix habang kinakabit ang seatbelt nya.

Humarap sya sakin pagkatapos sabay kindat. Napairap nalang ako sa hangin. Feeling ko nahahawa na sa kayabangan nung Hari itong Pusa na to.

Pwede ring dahil Ulupong talaga sya kaya ganyan sya.

*Isa syang Pusa. Sya si Felix the Cat.*

Kung hindi lang ako nagugutom, hindi talaga ako sasama sa kanila. Iisipin ko nalang si Percy at Ci-N ang nag-aya sakin. Alam ko na balak nitong isa.

Alam ko namang parte to ng panunuyo *daw* nila sakin. Akala naman nya madadaan ako sa Date na to. Masama ang loob ko sa kanya, sa kabila ng mga pinagdaanan namin—hindi sa nanunumbat ako.

*Pero manunumbat na talaga ako.*

Alam kong galit sya sakin dati dahil kadugo ko si Aries—na sinisisi nya sa pagkamatay ni Percy. Kaya siguro ganun din sya kapursige sa plano nila na yon.

Kumikirot ang dibdib ko kapag naalala ko yon. Pasimple kong tinignan ang magkapatid sa harap namin. Planado na siguro nila to.

Tuwing nagkasama kami ni Percy, may pagkakataon na isisingit nya si Felix sa usapan. Tinatanung ako kung hindi ko pa daw ba napapatawad ang kapatid nya o kaya naman pipilitin ako na kausapin.

*Ibang klase! Dapat yata hindi ko na kinain yung donat.*

Unti-unting bumagal ang takbo ng kotse. Tumingin ako sa labas ng bintana. Isang vintage style na Pizza House ang nakita ko. Sakto naman na lumiko ang kotse sa parking area.

Nauna si Felix at Ci-N na bumaba. Sumunod naman kami ni Percy.

**"Hanap lang kami ng bakanteng table."** Sabi ni Felix at mabilis na naglakad papasok sa loob.

**"Pizza! Pizza! Pizza! Pizza!"** Kanta ni Ci-N habang sumusunod kay Felix.

**"Hoy! Babayaran mo kakainin mo ah?"** Sigaw ni Percy kay Ci.

Hindi naman sya pinansin ng Batang Kumag hangang sa makapasok sa loob. Mabilis kong hinarap si Percy at tinignan sya ng masama.

**"Ano to?! Plano nyo to no?!"**

Kamot batok syang ngumiti sakin. **"Tinutulungan ko lang kapatid ko. Gusto ko Happy Family tayo."**

Dinuro ko sya sa muka. **"Muka mo Happy Family! Ikaw lang kapatid ko, si Felix hindi!"**

Stepbrother ko si Percy dahil anak sya ng asawa ng Papa ko. Stepbrother naman nya si Felix dahil asawa ng Papa nya ang Mama nito. So, saang banda ko sya naging kamag-anak?

*Sa bubbunan?*

**"Edi ampunin natin si Felix. Gawin din natin syang Mariano. Tutal hindi naman sya tunay na Collins."**

Inimbaan ko sya ng suntok pero mabilis naman syang iiwas. Ang alam ko, ginawa lang Collins si Felix dahil nga sa Tatay ni Percy. Para daw madala din sa America pagnagkataon.

Naglakad na ko palapit sa entrance ng kainan pero bago ko pa mahawakan ang pinto hinarang ako ni Percy. Seryoso ang mga mata nyang nakatingin sakin.

**"Kung pipilitin mo kong ampunin si Felix—."**

**"Hindi yun."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...bigyan mo ng pagkakataon si Felix magpaliwanag."**

Nagsalubong ang kilay ko sa kanya. **"Kahit naman—."**

**"Jay. Lahat ng tao nagkakamali. Nagkamali si Felix pero wag mo naman sana syang pagkaitan ng karapatan."**

**"Karapatan?"**

**"Karapatan na patawarin at bigyan ng chance."** Ngumiti sya sakin. **"...sayang ang kagwapuhan ng kapatid ko. Mana sakin yan, kaya bigyan mo ng chance."**

*Naisingit pa talaga yon.*

Sasampalin ko na sana sya pero mabilis syang pumasok sa loob. Muntik pang tumama ang kamay ko sa pinto. Hindi pa naman nawawala ng tuluyan yung kirot kaya buti nalang nailayo ko agad.

Nakasibangot akong pumasok sa loob. Hindi ganun kadami ang tao na kumakain. Puro luma ang disensyo sa loob. Mula sa table hangang sa mga ilaw sa kisame.

Nakita ko sila Ci-N at Percy sa isang sulok na parang nagtutulakan. Nagsisimula na silang pagtinginan dahil sa ginagawa nila.

**"Ako sabi! Ako sa tabi nya!"** Dinig kong sabi ni Ci.

**"Hindi! Ako! Ako ang kapatid! Ako dyan!"** Sagot naman ni Percy.

**"Eh anung ginagawa nyo?"** Inis na bungad ko sa kanila.

Mabilis na naglayo ang dalawa at halos sabay pa silang nagturuan.

**"Sabi ko ang ako gusto mo katabi."** Paliwanag ng Batang Kumag.

**"Ako ang kapatid. Kaya dapat ako."**

Napailing nalang ako sa kanila. Hindi talaga pwedeng magsama ang dalawa na to. Kesa gatungan pa ang away nila, pinili ko nalang maupo sa pwesto na pang-dalawahang tao lang malapit sa kanila.

Bago pa man mag-agawan ang dalawang ugok sa kung sinong uupo sa tapat ko. Naupo na si Felix sa katapat kong upuan.

*Dapat pala yung pag-isang tao.*

**"Bakit? Anu meron?"** Inosenteng tanung nya habang nakatingin sa kanya ang dalawa.

**"Mang-aagaw."** Madiing sabi ni Percy sa kanya.

Humikbi-hikbi naman si Ci-N na parang iiyak. Napilitan silang pumwesto sa pang-dalawahan din malapit samin. Agad namang natinginan ng masama ang dalawa.

**"Anung gusto mong kainin?"** Tanung ni Felix.

**"Feel kong kumain ng buhay na manok."** Sarcastic na sabi ko.
**"...malamang Pizza. Kanina ko pa sinabi diba?"**

Napakamot nalang sya ng batok. **"Sorry naman."**

Kinawayan nya ang isang waiter na malapit samin. Naghingi sya ng menu na mabilis naman nitong binigay. Pati yung dalawang isip bata binigyan na din.

Sya nagsabi ng order ko at syempre dahil dakilang pasaway yung dalawa. Dinaig pa nila ang handa sa fiesta sa dami ng order nila. Muntik pang magtalo kung anu mas masarap.

*Yung feeling na sila talaga yung center ng kaguluhan.*

Buti nalang hindi ganun kadami tao dito. Pakiramdam ko tuloy hindi talaga masarap pagkain dito. Wag naman sana, baka hindi ako mag-enjoy. Hindi na nga ako enjoy sa mga kasama ko hindi pa ko enjoy sa pagkain.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Felix.

Umarte akong hindi sya naririnig. Nanatili akong nakatingin sa paligid at tumitingin sa mga disensyo nila sa paligid. Pati bumbilya sa kisame napagtripan ko na ata.

**"Alam ko naririnig mo ko."** Sabi nya. "**...sana lang intindihin mo yung paliwanag ko."**

Napairap ako sa hangin. Maling mali talaga na sumama ako. Lintik na libre yan!

*Muka ka kasing libre!*

Bwisit kasing mga Ulupong yan! Sinasamantala yung kahinaan ko. Dapat umisip na rin ako ng strategy para makaiwas ako sa mga kalokohan nila.

**"I'm sorry Jay."** Panimula nya. **"...I'm sorry kung nagsinungaling kami sayo. You can't blame me, galit ako sayo non eh. Pagnakikita kita naalala ko talaga si Aries. Bumabalik lahat sa isip ko."**

**"Alam ko na yan."** Walang buhay kong sagot. **"...hindi mo kailangang ulit-ulitin."**

**"Oo, pero sa tingin ko hindi mo pa alam na hindi lahat ng nangyari satin ay kasinungalingan."**

Tumingin ako sa kanya na salubong ang kilay at naguguluhan. Hindi ko naiintindihan ang ibig nyang sabihin. Ngumiti sya sakin at hinawakan ang kamay ko pero inagaw ko yon agad.

**"Hindi kasinungalingan yung mga nangyari kasama ng buong Section E. Yung mga panahon na masaya tayo, yung mga araw na tinutulungan mo kaming harapin ang mga problema namin, yung oras na masaya kami kasi may pasaway na Jay-jay na dumating samin."** Umiling sya habang nakangiti. **"...lahat yun totoo."**

*Ang sarap pakinggan ng matatamis na salita pero nakakatakot paniwalaan.*

Tumingin ako sa pwesto nila Ci-N. Halatang nakikinig sila samin pero kuwaring walang paki-alam. Muli kong hinarap si Felix pero sa pagkakataon nato, magaan ang mga tingin ko sa kanya.

Kagaya ng nararamdaman ko kay Yuri at Ci-N nung tinitiis ko sila. Ganun din ang nararamdaman ko ngayon. May kirot sa dibdib.

**"Panu mo naman nasabi? Kasinungalingan nga diba? Isang uri ng panloloko."** Natawa ako ng mapait. **"...at yun nga ang konsepto non. Ang**

**paniwalain ka sa isang bagay na hindi naman totoo."**

Seryosong tumingin sakin si Felix. Para bang nasaktan sya sa sinabi ko. Hindi ko sya masisisi pero yon ang nasa isip ko noon pa.

Sinisi ko ang sarili ko dahil naloko nila ko. Inisip ko na tanga ako kaya nagawa nila yon. Pero may mali, dahil kahit ang pinaka-matalinong tao sa mundo naloloko sa ibang paraan.

Ibig sabihin lang non, nadadaan sa paraan ang panloloko nila. Sa paraan na kaya kang pasakayin. Sa paraan na mabilis kang paniniwalain. Sa pagpapakita ng *totoo* pero sa likod non ang tunay na *panloloko*.

*At yan ang proseso ng pang-ga-gago.*

Naniniwala naman ako na totoo ang mga nangyayari nong panahong wala pa kong alam. Yung mga tawanan namin at asaran. Kung panu nila ako alalayan. Para sakin totoo lahat ng yon.

Pero nasa likod pala ng mga tawanan namin na yon ang lahat. Ang lahat-lahat na babasag sakin.

**"Alam kong mahirap paniwalaan... Pero unti-unti kaming bumitaw sa plano."** Titig na titig sya sa mga mata ko habang sinasabi yon. **"...dahil matagal ng huminto si Keifer. Ramdam namin na tumigil sya, dahil kahit sya..."** Ngumiti sya. **"...nagiging totoo na ang nararamdaman para sayo."**

*Shutanginames!*

Napaawang ang bibig ko. Magsasalita dapat ako pero parang umurong ang dila ko. Napakurap din ako dahilan para umiwas ako ng tingin sa kanya.

Saktong nagtama ang tingin namin ni Ci-N. Nakangiti sya at parang proud na proud sa sinabi ni Felix. Parang sinasabi din nya na totoo ang sinasabi nitong isa.

**"Sa totoo lang, nag-iba ang tingin ko sa babae dahil sayo. Naging magkaibigan tayo at pinag-tsagaan mo ko kahit pinag-tatabuyan kita."**

Muli nyang hinawakan ang kamay ko pero sa pagkakataon na to, hindi na nya binitawan. **"...Sising-sisi na ako at mga kaklase natin. Pinag-sisisihan ko na ipinag-pilitan ko kay Keifer ang plano na yan. Tanggap ko ang galit mo pero sana, bigyan mo ko o kami ng pagkakataon para patunayan sayo na mahalaga ka samin....na kabilang ka samin."**

Nanatiling urong ang dila ko. Magulo. Saksakan ng gulo. Ubod ng gulo.

*Hindi ko na alam kung anung dapat paniwalaan.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 233

**A/N:** Sa dami ng gusto kong i-author's note. Nakakalimutan ko na yung iba. Hahahaha... Wala na naman ako sa sarili.

Anyway, sa Fb page na po ako mag-post ng link for UD. Thanks.

**Tren**

***Jay-jay's POV***

Tulala! Walang kibo!

**"Mukang mulala."**

Mukang mula—*sinong mukang mulala?!* Agad kong tinignan ng masama yung nagsabi non. Si Ci-N na may subong ice cream ang bumungad sakin.

**"Ako ba sinasabihan mo?"**

Umiling sya. **"Ayun! Yung magkapatid."**

Si Felix at Percy ang tinutukoy nya. Palabas na kami ng kainan ng may bumati sa kanila na kakilala daw ng parents nila. Ayun, napakwento pa ang mga luko.

Nauna kami dito sa parking at hinihintay sila. Tanaw namin sila mula dito dahil sa glass window.

**"Grabe ka. Sila na nga nanlibre sayo."** Sabi ko sabay cross arm.

Nagpatuloy sya sa pagkain ng ice cream. Tumatapon-tapon pa yon sa gilid ng labi nya. Tumingin ako ng tissue sa bag ko at mabilis na pinunas sa muka nya.

*Kalat kasi kumain!*

Kinuha nya yon mula sa kamay ko. **"Ako na."**

Hinayaan ko sya at bumalik ako sa ginagawa ko. Ang pagtitig sa kawalan. Kanina ko pa kasi iniisip yung mga sinabi ni Felix. Yung nga sinabi nya, parang totoo pero mahirap paniwalaan. May trust issue na yata ako kaya ganito ako mag-isip.

**"Jay, penge ulit tissue."** Sabi ni Ci.

Binuksan ko ulit ang bag ko at kinuha ang hinihingi nya pero napatigil ako ng may mapansin ako sa loob. Merong kulay pink na sobre.

Inabot ko muna sa Batang Kumag yung hinihingi nya bago kunin yung sobre. Meron pang disenyo ng puso. Pamilyar sakin ang itsura non na para bang nakita at nahawakan ko na rin dati.

*De javu na naman.*

Binuksan ko yung sobre. Obvious naman na para sa akin yun. Hindi naman siguro mapupunta sa bag ko to kung hindi. Kinuha ko yung laman na mukang stationary.

Isa lang ang masasabi ko. *Ang ganda ng penmanship!* Babaeng-babae.

'*Dear Jay-jay,*

*Hindi ito isang love letter. Mas tamang sabihin na friendship letter.*'

Itinigil ko ang pagbabasa at ibinalik yun sa sobre. Ang korni kasi ng laman. Para akong aantukin na hindi ko maintindihan. Pero kabog na kabog ang ganda ng sulat.

Napatingin ako sa pintuan ng kainan ng lumabas ang magkapatid. Nakasimangot ang Percy pero nakangiti naman si Felix.

**"Kainis! Bakit kasi ang gwapo ko?!"** Inis na sabi nitong Baliw na Blue eyes.

*Yung totoo?! Naiinis ba talaga?!*

Salubong na salubong pa ang kilay nya habang kinakapa ang susi ng kotse sa bulsa nya. Napapailing nalang si Felix habang tumatawa.

**"Bakit?"** Tanung ni Ci-N.

**"Pinipilit kasi sya nung Kumare ni Mama na makipag-date sa anak nya."** Tinapik nya sa balikat ni Percy na mabilis naman nitong sinage. **"...interesado daw kasi sa mga Zombie yun."**

Malakas na tawa ang pinakawalan ni Felix at Ci-N. Mabilis silang tinignan ni Percy ng masama. Kahit ako natatawa na rin sa ideya na Zombie si Percy. Luko din pala ang Kumare ng Mama nila.

**"Gusto nyo maglakad pauwi?"** Banta ni Percy sa dalawa at unti-unti naman silang tumigil.

Napailing nalang ako. Binuksan nya ang pinto ng kotse kaya agad na rin kaming sumakay. Nay panaka-naka parong pagtawa yung dalawa.

**"Tara na Zombie lord."** Pang-aasar ko.

Padabog nyang sinara ang pinto. **"Hindi ako zombie! Hindi mo ba gets? Ang gwapo ko para maging zombie!"**

Pigil ang tawa ko sa backseat. Ipipilit talaga nya yung salitang '*Gwapo sya*'. Lakas maka-luko! Baliw talaga sya.

**"...Kapag naging zombie ako, maraming babae ang papakagat sakin dahil sa kagwapuhan ko!"** Pagpapatuloy nya habang kinakabit ang seatbelt.

**"Ang lakas ng aircon!"** Parinig ni Ci at kuwaring tumapat sa aircon ng kotse habang nakatawa.

**"Gusto mong bumaba?"** Sarcastic na tanung ni Percy sa kanya. **"...nang aano ka eh! I haven't start the engine! Ang lakas ng aircon ka diyan!"**

*Hindi yan aircon! Bagyo yan, bagyo!*

Pinaandar nya ang kotse at halatang inis na inis pa rin. Samantalang kaming tatlo may panaka-nakang tawanan. Lalu na ng umarteng zombie si Ci-N.

Tumitirik-tirik pa ang mata nya sabay lawit ng dila. Kinagat ko na ang labi ko para lang wag matawa ng malakas. May pagkakataong lumilingon samin si Felix at pasimpleng pagtatawanan si Ci.

**"Anu yan?! Bakit kayo nagtatawanan?!"** Inis na tanung ni Percy.

**"Wala. Mag-drive ka nalang."** Nakatawang sagot ni Felix.

Sandaling huminto ang kotse dahil sa traffic light. Napatingin ako sa labas ng bintana. Para kasing iba ang daan na tinatahak namin. Ang alam ko kasi uuwi na kami.

*Hala! Saan naman kami pupunta?*

**"Akala ko ba uuwi na? Bakit parang ibang direksyon to?"** Tanung ko habang patuloy sa pagtingin sa labas.

**"Sinong may sabing uuwi na?"** Sabi ni Felix at ngumiti sakin. **"...hindi pa kaya tapos date natin."**

Napangiwi ako. Ang tindi ng taong to! Kung hindi lang tumunog ang cellphone ko kanina ko pa sya minura.

Kinuha ko ang cellphone ko sa bag. Isang text message ang dumating galing kay Yuri.

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Kamusta? Enjoying ur date with Felix?*

Inedit ko na nga pala ang pangalan nya. Dinagdagan ko na ng '*Pres*.' ibig sabihin President. Kasi nga sya ang Presidente ng club namin. Nag-type agad ako ng reply sa kanya.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *ays lng. Hnd maxdo. Kasma nga pla namin sila Ci-N at Percy.*
(Ayos lang. Hindi masyado. Kasama nga pala namin sila Ci-N at Percy.)

Wala pang isang minuto ng sumagot sya.

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** Hindi ka enjoy dahil may kasama kayo? 😲😲

Muntik na kong matawa dahil don sa emoji nya na parang gulat na gulat nga sya. Nakangiti akong nagreply sa kanya.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Hnd yn! Naiilang ksi ako.*
(Hindi yun! Naiilang kasi ako.)

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *ahh... Akala ko naman dahil may kasama kayong dalawa. Nag-seselos na nga ako ih. 😧😧*

Umiling ako habang nakangiti. Feeling jowa ang luko. Kaya din siguro nagtext sya dahil hindi sya mapakali.

*Yureng seloso...*

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Tsk! Pra mtahimk ka, si Ci-N ang ktabi ko ngyon.*
(Tsk! Para matahimik ka, si Ci-N ang katabi ko ngayon.)

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** 😥😥

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** 😒😒

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** 😙😙

Magt-type na sana ako ng irereply sa kanya ng may naramdaman akong presensya ng tao sa balikat ko. Tinignan ko ng masama si Ci-N na kasalukuyang nakiki-basa ng message sa cellphone ko.

At mukang hindi pa nakakahalata ang luko. Nakadungaw pa rin sa hawak ko. Sinubukan kong ilayo ang cellphone ko pero nakasunod pa rin ang mata nya.

*Ang tindi ng batang to! Solid sa pakiki-usyoso.*

Sa inis ko, dinukdok ko yung phone sa mismon muka nya.

**"Ayan na! Kingina! Saksak mo sa mata mo! Nakakahiya sa pakiki-usyoso mo!"** Inis na sabi ko.

Nakatawa naman sya sakin ng alisin ko ang cellphone sa muka nya. Ngumu-nguso-nguso pa sya habang naka-peace sign sa daliri.

*Sarap kutusan minsan.*

**"Sino ba kasi yang katext mo?"** Tanung nya pa.

Napatingin ako sa rearview mirror at sakto namang nakatingin din dun si Percy. Umiwas ako agad at bahagyang umubo para iklaro ang lalamunan ko.

**"Wala."**

Hinawakan ko ng mahigpit ang phone ko. Ayaw nga pala ni Percy na nababanggit si Yuri. Habang tumatagal parang lalong tumitindi ang galit nya sa dating kaibigan.

Sinusubukan kong alamin ang tunay na dahilan pero naging mailap lang syang sakin. Kundi iiwas o iibahin ang usapan, magagalit sya na parang kinasusuklaman nya pang banggitin ang katotohanan.

*Pero kung hindi nya sasabihin, hindi ko maiintidihan.*

Pakiramdam ko hindi lang to basta issue nung sa kanila ni Freya. Alam ko, higit pa don. Kung anu man yon, sana hindi maging dahilan yon ng bagong kaguluhan saming lahat.

Muling tumunog ang cellphone ko. Akala ko si Yuri ulit ang nagtext sakin pero ibang pangalan na ang bumungad sakin.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *busy?*

*Muka mo busy!*

Eto pa isang misteryo sa buhay ko. Malakas ang kutob ko! Sobrang lakas ng kutob ko! Malakas ang kutob ko na ang taong to ay konektado sa Hari ng mga Ulupong.

Hindi ko sya nireplayan. May mga ilang bagay akong hinihintay na gawin ng bwisit na to. Yung mga bagay na yon ang magbibigay daan para mahuli ko sya.

**"Andito na tayo!"** Announce ni Felix.

Tinignan ko yung tinitignan nila sa labas ng kotse. Ang isa sa pinaka-malaking Arcade dito sa lugar namin.

*Game House!*

Pinarada ni Percy ang kotse sa harap ng building. Halatang excited ang Batang Kumag. Nauna pa kasi syang bumaba at parang kilig na kilig habang nakaturo sa building ng Game House.

**"Tara na! Pasok na tayo! Egzoyted na me!"** Sabi nya.

Kamot batok ako habang palabas ng kotse. Lumalabas na naman kasi ang pagiging bata nya. Nag-birthday na sya dapat +1 na rin ang utak nya pero parang naging -1.

**"Bakit ba kasi natin sinama yan?"** Bulong ni Percy.

**"Ayaw mo ba? Sige. Uuwi na kami."** Banta ko at agad naman syang umiling habang nakangiti.

**"Joke lang yun. Joke."**

Inirapan ko sya bago maglakad palapit kay Ci na kasalukuyang nasa entrance na. Nakadikit na ang muka nya sa glass door. Hinawakan ko sya sa ulo at inaya ng pumasok.

Atat na atat ang luko muntik pa syang makatama ng pinto. Buti nalang naka-iwas yung lalaki. Humingi nalang ako ng pasensya para wala ng usap.

Malaki ang lugar na nahahati sa tatlo. Playground para sa mga bata, arcade para sa matatanda at bilihan ng mga pagkain, laruan at damit.

*Bangis! Langit ang lugar na to para sa mga dakilang tambay.*

**"Wow! Ang laki pala."** Komento nila Felix na nasa likod ko.

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Ci-N habang kumakaway. **"...sakay tayo dito!"**

Naglakad ako palapit sa kanya para makita ang tinuturo mo. Yung train na ginagamit sa mga mall para makapasyal ang sinasabi nya. Pero hindi na yon pwede samin—hindi na kami kakasya.

Nakatingin samin ang ilang kabataang sasakay sa train. Nagtataka siguro kung bakit gusto pa naming sumakay don kahit ang laki namin.

*Muka kaming ewan pagnagkataon.*

**"Ci... Anu... H-hindi kasi tayo pwede dyan."** Alanganing sabi ko.

Agad na nag-iba ang expression ng muka nya. Bagsak ang balikat nyang nakatingin sakin.

**"Hala... Mukang iiyak yung bata."** Dinig kong pang-aasar ni Percy na nasa malapit lang.

**"Kawawa naman..."** Gatong ni Felix.

Agad ko sila dinuro at tinignan ng may pagbabanta. Ang lakas nilang mang-asar eh kung tulungan kaya nila akong ipaliwanag kay Ci-n yung salitang hindi pwede.

Hinarap ko ulit si Ci at ganun nalang ang gulat ko ng makita nangingilid na ang luha nya. Nakanguso pa na para talagang bata. Confirm!

*Umurong talaga ang pag-iisip nya.*

**"Ci-N. Ang tanda mo na para—."** Hindi ko na natuloy ang sasabihim dahil paghikbi nya.

Haizt! Hindi ako makapaniwala na gagawin ko to. Pero hindi naman pwede na ako lang ang magmukang ewan dito.

**"Oo na. Oo na. Sasakay na."** Bored na sabi ko.

Nagpapalakpak pa sya sa sobrang tuwa habang nagtata-talon. Napapailing nalang ako.

**"Sa isang kondisyon."** Dagdag ko na nagpatigil sa kanya. **"...dapat kasama din sila."**

Tumingon sa gawi ng dalawang luko-luko. Nangungulangot pa si Percy ng tumingin din sila sa gawi namin. Sinenyasan ko silang lumapit.

**"Bakit?"** Tanung nya sabay pitik sa daliri na ginamit nyang panungkit ng mahiwagang kayamanan sa kweba.

*Sala-ola naman!*

**"Sasakay *TAYO,* dito."** Pinaka-diinan ko talaga yung salitang tayo.

**"Wala namang Tayo."** Sagot ni Felix.

**"Gusto mong sikmuraan kita?"** Banta ko.

**"Sakay na tayo! Dali! Aalis na!"** Pangungulit ni Ci.

**"Ikaw nalang. Wag mo na kami isama!"** Sabi ni Percy.

**"Gusto ko kasama Jay-jay."**

**"Eh gusto ko kayong kasama."** Patukoy ko sa dalawa.

Hinarap ni Percy si Felix at tinapik sa balikat. **"Samahan mo na."**

Nagsalubong ang kilay ni Felix at tinignan ng masama si Percy. **"*KAYO* daw. Ibig sabihin hindi lang isang tao."**

Patuloy sa pagtatalo yung dalawa. Binulungan ko si Ci na bumili na ng ticket para sa aming apat. Nang makahanap na sya ng pwesto mabilis akong pumwesto sa likod nung dalawa at buong lakas silang tinulak.

**"T-teka lang! Hindi kami sasakay dyan!"** Reklamo ni Percy.

Pilit ko silang tinutulak papasok sa bagon ng tren. Wala silang nagawa dahil sa sikip ng entrance. Nang makapasok sila sa loob don lang din ako sumakay at pumwesto malapit sa dalawa para hindi sila maka-takas.

Baka kasi bigla nalang silang tumalon. Akala ko kasama namin si Ci-N pero ng hanapin ko sya, nasa tabi sya ng driver sa harap namin. Mukang walang nagawa yung lalaki sa kanya. Kamot ulo nalang kasi ang nagawa nito habang nakatingin sa Batang Kumag.

**"Bakit kasi kasama pa kami?"** Inis na sabi ni Felix.

**"Sino ba nagpasimula ng date na to?"**

**"Nakakahiya kaya sumakay dito. Pang-bata lang to."**

**"Bakit nga ba kasi dito nyo kami dinala?"**

**"Sabi ni Percy.... Gusto mo daw yung sa Arcade."**

Mabilis kong tinignan si Percy na kunot ang noo. **"Sino may sabi na gusto ko sa Arcade?"**

Sa halip na sumagot ngumiti lang ng malapad sakin ang Gago. Gusto ko sya sikmuraan ng matindi.

*Saan naman kaya nya nakuha ang ideyang yun?*

Narinig namin ang malakas na pagtunog ng bell. Indikasyon na aandar na yung tren. Natawa pa ko dahil si Ci-N ang nagpapatunog non.

**"Aandar na!"** Sigaw nya.

Halos sabay-sabay kami nila Felix at Percy na yumuko. Pinagtitinginan kasi kami ng mga tao kasabay ng pagtatawanan. Hindi ko naman sila masisisi. Nakakahiya talaga ang mga itsura namin.

**"Kasalanan mo to Jay."** Sabi ni Percy sakin sabay takip ng kamay sa muka.

**"Kasalanan nyo! Alam nyong may kasama tayong bata tapos dito nyo kami dinala!"** Inis na sagot ko.

Ang masakit pa nito saksakan ng bagal ang takbo ng tren. Mas mabilis pa yata akong gumapang.

*Gapang na! Bilis!*

Matapos na sana ang kahihiyan na to. Buti pa si Ci-N enjoy na enjoy dun sa tabi ng driver. May pakaway-kaway pang nalalaman. Dinaig pa ang artistang may pa-motor-trade.

Mas lalu kaming lumubog sa kahihiyan ng dumaan kami sa Arcade. Puro mga highschool student ang andon. Mabilis kaming pinag-tinginan at pinagtawanan.

*Bwisit! Kainis!*

May ilang minuto pa kaming nakayuko bago huminto ang tren. Kanya-kanya kami ng talon palabas ng bagon. Bahagya kaming lumayo at halos sabay-sabay na nag-cross arm.

Hinintay namin si Ci-N na tuwang-tuwa at parang ayaw ng bumaba.

**"Isa pa!"** Bungad nya samin.

Nagsalubong ang kilay ko. **"Hindi."**

**"Ay. Isa nalang. Please!"**

**"Tama na."** Inis na sabi ni Felix. **"...Baka mawalan na kami ng dignidad."**

Kamot batok naman si Ci habang nakanguso. Naglakad na kami papunta sa Arcade dahil yun naman daw talaga ang dapat na pupuntahan namin at hindi ang pagsakay sa lintik na tren na yan.

Si Percy ang bumili ng card para samin. Pinalagyan na rin nya ng load yun na gagamitin namin pambayad sa mga games.

Nakasimangot syang inabot samin ang mga card. Pati sya meron din.

Mabilis na pinuntahan ni Ci-N yung mga games na ticket ang premyo. Iipunin daw nya kapalit ng stuffed toy na nakita nyang nakadisplay.

Maraming games na pwedeng pagpilian pero pinuntahan ko agad yung basketball. Puro mga lalaki ang naglalaro pero wala akong pakialam. Hindi naman sila ang pinunta ko don.

*Paki ko sa inyo!*

Sinwipe ko ang yung card at sinumulang maglaro. Panay ang bato ko ng bola. Nasa second round na ko ng may mapansin ako sa gilid ko.

Yung grupo ng mga kalalakihan na naglalaro kanina panay ang tawanan habang nakatingin sakin. Bahagya akong lumingon sa kanila. Ganun nalang ang inis ko ng makita kong ginagaya nila ang dibdib ko.

Aarte silang may dibdib din gamit ang kamay at kuwaring tatalbog yun. Magtatawanan sila habang tinuturo ako. Napailing ako sa inis.

*Hindi gulo ang pinunta ko dito pero mukang yun ang makukuha ko.*

Akmang isho-shoot ko na ang huling bola ng umarte akong dumalas sa kamay ko yon, pero pasimple kong binato sa kanila yung bola. Tumama dun sa muka nung isa.

**"Ay sorry... Hindi ko sadya."** Kuwaring paghingi ko ng pasensya.

**"Mag-ingat ka naman!"** Inis na sabi sakin nung isa.

Binalik nila sakin yung bola. Ngumiti naman ako sa kanila at nagpasalamat. Hindi pa ko nakaka-balik sa pwesto ko kanina ng muli silang magsalita.

**"Type mo yata kami eh!"** Sabi nung isa at nagtawanan sila.

*Type?! Parang babaliktad ata ang sikmura ko.*

Tinaasan ko sila ng isang kilay. **"Excuse me?"**

**"Wag ka na magpakipot. Sabihin mo nalang kung gusto mo isa sa amin."**

Natawa nalang ako sa sinabi nila. Mala-Percy din pala ang mga to pero panget na version sila.

**"Ang galing. Nahulaan nyo."** Nakangiting sabi ko.

*Kamag-anak nila si Madam Auring.*

Mabilis na nagngitian ang mga luko sabay apir ng kamay sa isa't-isa. Mahigpit ang naging hawak ko sa bola.

**"Sino ba samin? Turo mo na."** Mayabang na sabi nung isa.

**"Type ko kayong lahat..."** Nawala ang ngiti ko. **"...Type kong basagin ang mga muka nyo!"**

Buong lakas kong binato ang bola sa isa sa kanila. Sapul sa muka! Mabilis na nagkagulo ang mga tao at pinagtinginan kami.

**"Gago ka!"** Mura nung isa sakin.

Nilapitan nila ang kasama nilang nakahiga na sa sahig. Pinilit nila syang itayo. Ganun nalang ang taranta nila ng makitang puro dugo ang kasama nila.

**"Shit Pre! Ang daming dugo!"** Sigaw nung isa.

**"Tang'na mo! Anung problema mo?!"** Sigaw sakin nung isa.

Akmang lalapit na sya sakin pero mabilis na humarang sa kanya ang isang malaking katawan. Masyadong matangkad si Felix para sa kanila.

**"Nagagalit ka sa ginawa nya sa tropa nyo? Eh panu yung pangbabastos nyo sa kanya?"** Panunumbat ni Felix.

*Kanina pa sya dyan? Pati yung pang-ba-bastos alam nya.*

Hindi nakapalag yung mga lalaki, lalu na ng lumapit si Percy sa tabi ni Felix halos magkasing laki ang dalawa. Magkasing-angas at halos parehas ng dating.

**"May problema ba dito?"** Kuwaring tanung ni Percy.

Unti-unting umiling yung mga lalaki. Taranta silang binuhat yung kasama nila at umalis sa harap namin. Narinig ko pang nagtawanan ang tao sa paligid.

Hinarap ako nung dalawa. **"Ayos ka lang."**

Nag-nod ako at napatingin kay Felix. Nakangiti sya sakin na parang nagsasabi na okay na ang lahat. Hindi ko alam kung bakit pero kusa din akong napangiti sa kanya.

**"S-salamat."** Sabi ko sabay yuko.

Naramdaman ko ang kamay nya na pumatong sa ulo ko. **"Lakas mo magsimula ng gulo."**

Natawa nalang ako bigla dahil sa sinabi nya. Ganun din sya. At sa simpleng tawanan namin na yon, parang bahagyang gumaan ang lahat samin.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 234

**A/N:** sisihin nyo po yung Goblin. Sya po ang dahilan kung bakit tatlong chapter lng ang na-Ud ko. Parang ayoko na tuloy manood ng Kdrama. Naagaw non lahat ng nutrition ng utak ko para sa story.

**Penmanship**

***Jay-jay's POV***

Hapon na ng maisipan naming umuwi. Hindi kasi ako pwedeng gabihin dahil alam nila Tita na halfday lang kami.

Enjoy na enjoy si Ci-N sa yakap nyang stuffed toy. Asong malaki ang ulo ang nakuha nya.

**"Ang cute mo! Papangalanan kita..."** Tumingala sya at hinawakan ang baba. **"...Jay-jay!"**

*Tarantado!*

Malakas na batok ang binigay ko sa kanya. Kung hindi ba naman kasi! Muka bang pangalan ng aso ang pangalan ko?!

**"Sakit! Jay-jay... Binatukan ako ni Jay-jay."** Sumbong nya don sa stuffed toy.

Narinig ko ang mahinang tawanan nila Felix at Percy sa harap namin. Sinipa ko yung upuan nila kaya napalingon sila samin kahit sandali.

*Nagawa pa talaga nila akong tawanan.*

**"Si Ci-N na ang unang ihatid natin. Mas malapit condo nya."** Suggestion ni Felix.

**"Dapat dyan pinaglalakad nalang."** Pang-asar ni Percy.

**"Kung isumbong ko kaya kayo kay Kei—Kingkong!"**

Alam kong hindi nya magawang ituloy ang sasabihin nya. Nakatingin kasi ako ng nakalulusaw sa kanya. Yung pakiramdam na nag-uusap sya at ang pesteng kumag na yon ng hindi ko alam.

*Pero ngayon alam mo na?*

Nadulas kasi sya kanina na magka-video call daw sila ni Keifer. Nung subukan kong linawin nilayasan nya ko at nagkunwaring busy sa mga games.

**"Hangang kelan mo itatago sakin na nagka-usap kayo?"** Iritang sabi ko at hinarap si Felix. **"...baka naman pati ikaw nakaka-usap sya?"**

Mabilis na umiwas ng tingin si Felix. Tsk! Sabi na eh. Hindi pwedeng hindi nya kinakausap ang mga Ulupong na to. Hindi naman ako nagagalit o nagtatampo. May usapan nga kaming space-space diba?

Pero ewan ko, may isang part ko ang naghahanap sa kanya at nagiging dahilan ng inis ko.

*Nami-miss nya ang Hari.*

**"Hindi makakatiis yun."** Sabi ni Percy kaya napatingin kami sa kanya. **"...Malakas ang tama non. Hindi nya alam ang salitang mag-tiis."**

Naalala ko tuloy yung kumakain kami ni Yuri. Sigurado talaga ako na nakita ko sya.

**"Posible kaya na...."** Pabulong kong sabi.

Meron akong hindi maintindihan. Actually lahat naman hindi ko maintindihan. Bakit ba kasi ang gulo?

*Author bakit ang gulo?*

(A/N: 😒😒😑😑)

**"Felix..."** Tawag ko sa atensyon nya. **"...may hindi lang ako maintindihan sa sinabi mo."**

**"Ang alin?"**

**"Sabi mo kusang itinigil ni Keifer ang plano kaya tumigil na din kayo. Pero sa huli, parang itinuloy pa rin nya."**

Nagtinginan si Ci-N at Felix. Para bang yun din ang tanung nila sa isa't-isa.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Ci. **"...Hindi talaga namin alam ang dahilan. Pero bago yung nangyaring gulo non, napapansin namin na balisa sya."**

**"Lagi din silang nag-aaway ni Keigan."** Dagdag ni Felix.

Taka ko silang tinignan. **"Si Keigan?"**

Nag-nod si Felix. **"Nung minsang pumunta ako sa kanila, nagsisigawan sila at kulang nalang magsuntukan."**

*Eh bakit?!*

Pakiramdam ko may nangyari na hindi namin alam. Sa totoo lang nahihirapan ako sa ganitong sitwasyon. Wala man lang malinaw na paliwanag ang lahat.

Keifer! Sa tingin ko marami kang dapat ipaliwanag sakin. Pag-balik nya dito, humanda sya sakin.

**"Dito na. Baba na Bata!"** Sabi ni Percy.

Dumila si Ci-N sa kanya. **"Oo na!"** Humarap sya sakin. **"Bye Jay-jay. Bukas nalang."**

Bumaba na sya ng kotse at patakbong pumasok sa entrance ng building. Nang mawala sa paningin namin dun lang ulit umandar ang kotse paalis.

**"Hoy Felix."** Tawag ni Percy sa kapatid. **"...bayaran mo lahat ng ginastos ko."**

**"Ano?!"**

Bigla nalang nagtalo yung dalawa tungkol sa naging gastos sa Date daw na to. Hindi ko na sila inintindi dahil may ibang bagay na umiikot sa utak ko.

*Pagkain?!*

Lagi ko namang iniisip yun. Pero meron pang iba. Ang gulo gulo naman kasi. Bakit kailangang maging ganito ka-komplikado ang lahat.

Hindi pa rin tumitigil sa pagtatalo yung dalawa kahit nakarating na kami sa tapat ng bahay namin.

**"Salamat paghatid."** Sabi ko at bumaba na.

Papasok na sana ako sa loob ng gate ng tawagin ako ni Felix.

**"Thank you."** Nakangiting sabi nya. **"...hindi ko sasayangin yung pagkakataon na binigay mo sakin."**

Ngumiti ako sa kanya at nag-nod. Pumasok na ko sa loob. Kahit papano magaan na ang pakiramdam ko kay Felix. Ganun yata talaga kapag nagpatawad kana.

*Panu yung iba?*

Dapat ko na rin ba silang patawarin? Pero panu ko gagawin yun kung yung iba sa kanila, parang proud pa sa ginawa nila.

Mga Ulupong. Mga Gagong Ulupong. Kaya nga naging Section E yung mga yun kasi nga Ulupong sila.

Napahinto ako sa paglalakad pagpasok sa pinto ng bahay. Nakatayo kasi sa harap ko si Kuya habang naka-cross arm. Salubong na salubong ang mga kilay nya.

**"Half day lang kayo diba? Bakit ngayon ka lang?"** Maotoridad na tanung nya.

*Patay... Nakalimutan kong magpaalam kay Tita Gema.*

**"Nagka-ayaan k-kasing kumain sa l-labas."** Paliwanag ko. **"...p-pinilit ko namang hindi g-gabihin."**

**"You just came out from the hospital Jay."**

Napayuko ako. Alam ko naman ang ibig nyang sabihin. Nag-aalala sya sakin dahil sa nangyaring gulo.

**"S-sorry. Dapat nagtext muna ko."**

Napabuga sya ng malakas na hangin. Para bang problemadong problemado sya at dumagdag pa ko. Alam kong namo-mroblema na sya sa kumpanya nila. Pero iba kasi ang dating ngayon.

**"Nevermind. Magbihis ka na at kumain. Nagluto ng miryenda si Mama."** Utos nya at naglakad na palabas ng bahay.

Naiwan akong nakatanga sa kanya. Sinundan ko nalang sya ng tingin. Siguro pagod na pagod na si Kuya sa lahat ng hinaharap nya. Nakalimutan kasi nyang magsuklay.

*Buti nalang gwapo sya.*

Dumiretso na ko sa kwarto ko para magbihis kagaya ng utos ni Kuya. Habang nagpapalit ako ng tshirt narinig kong tumunog ang cellphone ko.

Kinuha ko yon mula sa bag at pangalan ni Yuri ang bumungad sakin.

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Hey, did you get home already?*

Agad naman akong nagreply sa kanya.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Yes, panes!*

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Hahahahaha...*

*Gago ata?!*

Tinawanan ako ng luko. Parang ang saya-saya nya eh. Nakaka-inggit ang kasiyahan nya, magbahagi naman sya.

Binitiwan ko na ang cellphone ko at pinagpatuloy ang pagbibihis. Nang matapos kukuhanin ko na sana ulit ang phone ko ng may mapansin ako sa bag ko. Nakabukas kasi yon at nakasilip ang ilang gamit.

*Yung letter....*

Kinuha ko yun at muling pinagmasdan. Hindi ko nga pala tinapos ang pagbabasa nito kanina. Hindi ko tuloy nakita kung kanino galing pero feeling ko babae ang nagbigay nito. Sulat babae kasi!

Muli kong binuksan ang sobre at binasa ang sulat.

'*Dear Jay-jay,*

*Hindi ito isang love letter. Mas tamang sabihin na friendship letter. Kasi unang-una hindi tayo Lovers—and this thing is so korni.*

*Please bear with me, I'm not good in writing letters. All I know is I need to explain my side and ask for your forgiveness. So please, please and more please—s read this letter until the end.*

*First of all, I'm so sorry. Sorry dahil ang kapal ng muka kong makisali sa plano sa kabila ng tulong na binigay mo sakin. Nabuo ang planong yun nung mga panahong hindi pa kita ganun kakilala. Pumayag ako dahil lahat ng galit ko sa mundo at sa nangyari samin ng pinaka-mamahal ko sayo ko naibunton. Ewan, siguro dahil babae ka rin.*'

Napataas ang isang kilay ko. Yung salitang *babae* ka rin. Tomboy ba nagsulat nito at may galit sa kapwa nya babae. Naguluhan tuloy ako. Wala akong kaklaseng babae na pwedeng magsulat nito. Muli kong tinuloy ang pagbabasa.

' *Pero maniwala ka, nung naging okay kami ng dahil sayo ginusto kong umatras. Ginusto kong hindi sumali pero napilitan akong tumahimik dahil sa takot ko kay Keifer. Walang kahit sino samin ang kayang harapin sya. Kahit si Yuri na bestfriend nya, aminadong hindi rin sya kaya. Kaya naging tikom ang bibig ko habang kumikilos si Keifer.*

*Nagalit din ako non nung nakita kong nagtatagumpay sya. Naawa ako sayo dahil nahuhulog ka sa patibong nya. Wala akong mapagsabihan sa pag-aakala kong ako lang ang kontra sa ginagawa nya. Kahit kay Mica wala akong sinabi dahil alam kong madadamay sya.*

*Nanatili pa rin akong tikom nung pagtagal. Hindi dahil takot pa rin ako kundi dahil ramdam ko na maging si Keifer ay nahulog din sa bitag na para sayo. Hindi ko alam kung anung nangyari bakit nagawa nyang sabihin ang mga masasakit na salitang yon sayo. Halos lahat kami ay nagulat at nagtaka.*

*Hindi ko na papahabain pa. Alam kong tamad kang magbasa. Ikaw pa! Kaya naman tatapusin ko na ito at ipapa-ubaya sayo ang desisyon. Masaya ako na maging kaibigan ka. Sana bigyan mo pa ako ng pagkakataon.*

*Nagmamahal as friend,*
*—Gwapong Calix*'

Anak ng shutanginamers! Bakit sulat babae si Calix? Alam kong hindi si Mica nagsulat nito dahil minsan ko ng nakita ang sulat kamay nya. Hanep yan! Akala ko talaga babae nagsulat nito.

Muli kong binalikan yung parte ng paliwanag nya. Yung sinabi nya na pati si Keifer nabiktima ng sariling plano nya. Kapareho kasi ng sinabi ni Felix sakin. At kahit sya hindi rin alam ang dahilan kung bakit nagawa nyang sabihin yun sakin.

Kung anu-anu tuloy ang pumapasok sa isip ko. Hindi ko na tuloy alam kung anu dapat paniwalaan. Si Calix, si Felix, si Ci-N at David sinasabi na Mahal talaga ako ni Keifer pero hindi naman nila masabi kung bakit nagawa pa rin nya kong saktan.

*Anung tinatago mo, Hari ng mga Ulupong?!*

Binaba ko ang sulat sa study table ko. Nagsisimula na kong makaramdam ng gutom dahil sa mga to. Lumabas na ko ng kwarto at naglakad papunta sa kusina para kumuha ng miryenda.

Malapit na ko sa kwarto ni Kuya Angelo ng may lumipad na papel sa paanan ko. Kinuha ko yon at tinignan, mukang print ng kung anung report lang. Katamad basahin!

Napatingin ako sa kwarto ni Kuya dahil mukang doon galing yon. Lumapit ako don at nakita kong nakabukas ang pinto. Puro papel din sa sahig na nilipad ata ng hangin.

Kamot batok akong pumasok at pinulot ang mga Papel. Hinanap ko din ang pinang-gagalingan ng hangin na nagpalipad sa mga papel. Napatingin ako sa bintana sa tabi ng study table ni Kuya. Hindi kasi nakasagad yun at mukang yun ang dahilan.

*Tsk! Si Kuya naman ih! Hindi marunong magsara ng bintana!*

Sinara ko ng maayos yun bintana at inayos yung mga papel. Habang pinag-papatong-patong ko ang mga papel meron akong napansin na picture katabi ng brown envelope.

**"Ako to ah."** Bulong ko.

Picture ko kasi yon na papasok ng school. Ganun nalang ang pagtataka ko kung bakit meron si Kuya nito. Inikot ko yung picture sa pagbabakasali na may nakalagay o nakasulat sa likod at hindi naman ako nabigo.

*Meron nga!!*

Binasa ko yon at ganun nalang ang gulat ko sa nakalagay.

'*You should never walk alone. You're giving me a chance to kill you.*

*—R.Sato'*

R.Sato? Eto ba yung Ryosuke Sato na sinasabi nila non sakin? Yung isa sa gustong pumatay sakin? Yung nakalaban ni Yuri? Buong akala ko tumigil na sila sa pagtatangka sakin, pero ano to?

Binaba ko ang litrato at tinignan ang loob ng brown envelope. Maraming pang picture don na ako din ang nakalagay. Mabilis kong tinignan ang likuran ng mga yon.

'*Just wait....for me to kill you. Bitch!*'

'*Blame Yuri and Keifer....Blame them when you see them in hell.*'

'*Keep laughing....Coz that will be your last laugh.*'

'*I can't wait to kill you and see Yuri cry in pain.*'

Lahat ng to galing kay Sato. Nanginginig ang kamay ko sa bawat sulat at picture na tinignan ko. Nakabantay na pala si kamatayan sakin ng hindi ko alam.

Baka isang araw humandusay nalang ako sa daan.

**"Hoy! Anung ginagawa mo dyan?!"** Sigaw ni Aries sakin mula sa pinto.

Tinignan ko lang sya habang nangingilid ang mga luha ko. Nagbabadya na tumulo dahil sa takot.

**"Tinatanung kita!"** Sabi nya at mabilis na lumapit sakin. **"...Ayaw ni Kuya na—anu yan?"**

Kinuha nya ang hawak kong mga litrato at tinignan yon isa-isa. Hangang sa tignan na din nya ang mga nakasulat sa likod non. Nanlaki din ang mata nya kasabay ng pagsalubong ng kilay.

**"Bakit ka may death threat?"** Nag-aalalang tanung nya habang patuloy sa pagtingin sa mga picture. **"...Sinong R.Sato?"**

Hindi ako makasagot. Napasandal ako sa lamesa. Nanlalambot ako sa nalaman ko. Abot kamay ko na pala ang kamatayan ko.

Pabatong ibinaba ni Aries ng mga picture. **"Fvck! I told you to stay away from Yuri and Keifer! This is what you get for disobeying me!"**

*Hindi sermon ang kailangan ko ngayon! Please!*

Kinuha nya ang cellphone nya at nag-dial. Hindi ko alam kung sinong tinatawagan nya. Nakatingin sya sakin habang hinihintay ang tinatawagan.

**"Kelan pa to?"** Tanung nya sakin.

Umiling ako. **"H-hindi ko alam."**

**"Panung hindi mo alam?!"**

**"Ngayon k-ko lang nakita t-to. Dito sa kwarto ni Kuya."**

Tinignan nya yung mga picture na nasa ibabaw ng lamesa. Sandali nyang tinanggal ang cellphone sa tenga at muling nagpi-pindot bago ibalik.

Halatang naiinis na sya sa hindi pagsagot ng kausap.

**"Alam mo ba kung saan nagpunta si Kuya?"** Iritang tanung nya.

Umiling ulit ako. **"N-nakita ko syang l-lumabas ng bahay, pero h-hindi ko alam kung s-saan sya nagpunta."**

Binaba nya ang cellphone at halos ibato nya sa inis. Mukang si Kuya Angelo ang tinatawagan nya.

**"Alam na ba nila Keifer to?!"**

**"A-alam namin—."**

**"Bakit pa-easy-easy lang sila? Nagawa pa nyang umalis ng bansa!"**

**"A-akala namin tumigil n-na sila nung n-napabagsak namin si Jason."**

Taka nya kong tinignan. **"Nakaharap mo si Jason?"**

*Hindi yung nasa Friday the 13th!*

Nag-nod ako. **"N-naka-usap ko sya nung una p-pero nauwi din yon sa laban."**

**"What the fvck Jay?! Gulo ba talaga ang hanap mo?! Bakit nakisali ka sa gulo nila Keifer?!"** Galit na sabi nya.

May ilang ulit syang nagpa-ikot-ikot sa harap ko. Nasuklay na rin nya ang buhok nya kasabay ng pagsabunot.

Hindi ko alam kung nag-aalala ba sya sakin o ano. Kung anu man yon hindi ko magawang makaramdam ng kahit ano. Nanaig sakin ang takot at kaba.

**"Tawagan mo si Yuri. Kailangan ko syang maka-usap."** Utos nya.

Taka akong napatingin sa kanya. Napa-nganga pa ko habang nakatanga. Ngayon lang ata sila magkaka-usap ni Yuri pagkatapos ng gulo sa retreat.

**"Yung inuutos ko!"** Sigaw nya sakin kaya napataranta ako sa gagawin.

Tumakbo ako pabalik sa kwarto ko para kuhanin ang cellphone ko at tawagan si Yuri. Nanginginig pa ang kamay ko habang dinadial ang number nya.

*Relax lang Jay!*

Panu ako magre-relax?! Mamatay na pala ako ng hindi ko alam!

Nagsimulang mag-ring ang tinatawagan ko. Pakiramdam ko sa bawat segundo na hindi nya sumasagot lumalapit ang kamatayan ko.

**["*Hello...Jay.*"]** Bungad nya pagsagot.

**"Y-yuri... B-baka pwede k-kang pumunta dito?"**

**["*Okay ka lang ba? Pwede naman. Bakit may nangyari ba?*"]**

**"M-meron."**

**["*Shit! I'm on my way!*"]** Tarantang sabi nya at pinatay ang tawag.

Nanginginig pa rin ang kamay ko kahit naka-usap ko na sya. Hindi ako mapakali. Natatakot ako na hindi ko maintindihan. Naubos na yata ang tapang ko kay Kuya Angelo kaya hindi ko na magawang harapin ang ganito.

Biglang sumulpot si Aries sa pinto at nagsalita. **"Did you call—?"**

**"KINGINA!"** Sigaw ko dahil sa gulat.

**"Minumura mo ba ko?!"** Galit na sabi nya.

**"Bakit kasi bigla-bigla kang pumapasok?"**

**"Kasalanan ko pa ngayon!"**

**"Wag ka kasing nang-gugulat!"**

**"Bakit kasi naka-tanga ka?!"**

**"May iniisip ako, malamang!"**

**"Tinawagan mo na ba?!"**

**"Oo!"**

**"Bakit ka naninigaw?!"**

**"Eh sumisigaw ka!"**

Dumating bigla si Tita Gema at takang nakatingin samin. **"Bakit kayo nagsisigawan?"**

Sabay kaming umiling ni Aries. **"Wala po."** Sabay din naming sagot.

Naningkit ang mata nya samin. **"Kayong dalawa... Baka mamaya isa sa inyo maabutan naming patay dito."**

Agad na nalukot ang muka ni Aries. **"Ma! Wag nga kayong O.A! Muka bang kaya kong pumatay?!"**

*Si Jay-jay.....Oo! Lalu kapag gutom.*

**"Sinasabi ko lang."** Sagot ni Tita bago tumalikod samin at umalis.

Agad akong tinignan ng masama ni Aries. **"Wag kang aalis dito sa kwarto mo."**

**"Bakit?! Darating si Yuri."**

**"Kami ang mag-uusap. Hindi kayo!"** Sabi nya at sinara ang pinto ng kwarto bago tuluyang maka-alis.

*Anak nang... Anu naman kaya ang pag-uusap?!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 235

**A/N:** Anu kaya meron sa authors note ko? Bakit kaya nila inaabangan? Hindi naman nila makikita kagandahan ko. Pwede pa yung kakornihan ko.

Anu kaya meron?

Pa-    ...

**Love: Badboys and Goodgirls**
By: Sophia_Cassandra29

**Beautiful Girl**
By: Kim_keajoon

**He Change**
By: Lyka_mea

**I call you mine**
By: v_taehyung1451

**That Probinsyana is the Lost Princess**
By: Jackeng_Saranghae

**Falling Inlove with a Mean Liar**
By: ZyInLove

**Bad boys Princesses**
By: gorg_demigod

**Forgiveness**

***Jay-jay's POV***

**"Anu pinag-usapan nyo?"** Tanung ko kay Aries habang nag-aalmusal kami.

**"Wala kana don."** Bored na sagot nya sakin.

Tinignan ko sya ng masama. **"Sabihin mo na!"**

**"Tsk! Tigilan mo nga ako!"**

**"Anu ba yan?!"** Iritang sabi ni Mama habang naglalakad palapit samin.

Ininom nya ang kape sa tasang hawak nya bago ibaba yun sa lamesa. Matalim ang tingin nya saming dalawa na para bang sinasabi nya na kami ang pinaka-makulit na magkapatid sa balat ng lupa.

*Pero si Aries mukang lupa.*

**"Ang aga-aga ng bangayan nyo! Hindi nyo ba kayang tumahimik?"** Inis na sabi nya sabay kuha ng tinapay.

Napayuko lang ako kasabay ng pagsubo ng kanin. Samantalang parang walang narinig si Aries. Patay malisya at tuloy sa pagkain.

Napatingin ako sa pinto ng pumasok si Kuya Angelo. Kinakabit pa nya ang necktie nya bago lumapit samin at kunin ang tasa ng kape na kanina pa hindi ginagalaw ng kahit sino samin.

*Malamig na yata yung kape.*

**"May pumasok ba sa inyo sa kwarto ko?"** Tanung nya ng hindi tumutingin samin.

Nagsalubong ang mga mata namin ni Aries. Kulang nalang sabihin nya na '*isusumbong kita*'. Matagal kaming nagtitigan ng humarap sya kay Kuya Angelo.

*Hala! Isusumbong nya ko!*

**"Si Aries yun! Si Aries yung pumasok sa kwarto mo!"** Sabi ko habang nakaturo kay Aries.

Agad na nagsalubong ang kilay nya kasabay ng matalim na tingin sa sakin. Nakagat ko ang parehong labi ko kasabay ng unti-unting pagbawi ng daliri ko.

Tinignan sya ni Kuya. **"Pumasok ka sa kwarto ko?"**

Nanatili sakin ang mga tingin ni Aries. **"Oo, ako nga."**

*Wooooosssshhhhh! Save!*

**"...Nakita ko nga yung laman ng brown envelop sa table mo."** Dagdag nya dahilan para matigilan si Kuya.

Lumipat ang tingin nila sakin. Agad naman akong umiwas at bumalik sa pagkain ng almusal. Halatang naguguluhan si Mama sa nangyayari.

**"Anu bang pinag-uusapan nyo?"** Tanung nya.

*Secret! Walang clue!*

Walang nagsalita sa amin. Nanatili ang mga tingin nila Kuya at Aries sakin. Napilitan tuloy akong isaksak lahat ng pagkain sa bunganga ko.

Si Kuya Angelo ang bumasag sa katahimikam. **"It's nothing Tita. Aalis na po ako pakisabi nalang po kay Mama."**

**"S-sige."** Sagot ni Mama.

Mabilis na kinuha ni Kuya ang gamit at naglakad na paalis. Sunod namang tumayo si Aries na walang kahit na anong imik.

Pinilit kong nguyain ang pagkain sa bibig ko para maka-alis na rin dahil alam kong kukulitin lang ako ni Mama.

*Bilisan mo kumain Jay!*

Akmang magtatanung na sya ng bigla akong tumayo at lunukin lahat ng laman ng bibig ko. Uminom akong tubig para mabilis na bumaba ang mga yon.

**"Maliligo na ko."** Paalam ko at hindi na hinintay ang sasabihin nya.

Malalaki ang bawat hakbang ko pero hindi papunta sa kwarto ko. Kundi papunta sa kwarto ni Aries. Hindi na ko kumatok at dire-diretsong pumasok sa kwarto nya na sana hindi ko pala ginawa.

Pagkakamali ko pa, dumiretso ako hangang sa malapit sa kama nya may kalayuan sa pinto. Topless ang kapatid ko at tanging boxer nalang ang natitirang suot.

*Shit! My eyes! Oh no! My eyes!*

**"What the fvck!!"** Sigaw nya ng makita ako.

Ang totoo, hindi na bago sakin ang ganyan dahil siguro nasanay na ko sa mga Ulupong. May ilang beses ko ng nakitang naka-boxer lang ang mga yun at walang pakun-dangang nagbibihis sa harap ko. Nagaganap yon tuwing P.E. namin.

Napatingin ako sa ibaba ng dibdib nya sa kaliwa. Sa parte ng ribs kasi nya may dalawang peklat. Guhit yun na siguro sa tantsa ko may kalahating dangkal bawat isa.

*Napano yun?!*

Napansin siguro nya na nakatitig ako, pasimple nyang sinampay ang twalya sa kaliwang balikat dahilan para matakpan ang tinitignan ko.

**"Anu bang kailangan mo?! Hindi ka ba talaga marunong kumatok?!"** Inis na sabi nya.

Muntik ko ng makalimutan ang pinunta ko. Kasalanan to ng peklat nya eh. Agaw pansin kasi! Ngayon ko lang kasi sya nakitang naka-topless.

**"Mag-t-thank you lang sana ako sa ginawa mo kanina."**

Pinagtaasan nya ko ng kilay. **"Dahil wala akong choice. Ituro mo ba naman ako. Kundi ba naman kasi—pasalamat ka may gusto akong malaman kaya inako ko na!"**

**"Anung gusto mong malaman?"**

Nagpamaywang sya. **"Required bang sabihin ko pa yon sayo?"**

Napaiwas ako ng tingin at lumabi. **"Oo, sana."**

Malalim na buntong hininga ang binitawan nya. **"Gusto kong malaman kung bakit nakay Kuya ang mga picture na yon at kung may ginawa na ba syang hakbang. Okay na? Satisfied?"**

Dahan-dahan akong nag-nod. **"Meron pa sana akong isang tanong."**

**"Ano?! Spill the bean."**

Nahihiya talaga akong itanong sa kanya to pero kasi... **"Okay na ba tayo?"**

Halatang natigilan sya sa sinabi ko. Naguluhan sya nung una pero halatang inisip din.

*Sabihin mo sakin ang Horoscope ko for today.*

**"Get out."** Ang tanging sagot nya.

Naging seryoso ang mga mata nya. Tinignan nya ko pero mabilis din syang umiwas. Mag-po-protesta na sana ako ng muli syang magsalita.

**"Please get out of my room."** Maotoridad nyang utos.

Wala akong ibang nagawa kundi ang sundin ang utos nya. Lumabas ako ng kwarto nya at sinara ang pinto. Mabigat ang bawat hakbang ko papunta sa kwarto ko.

Hindi ko maintindihan ang inaasta nya at hindi ko rin maintindihan ang sarili ko. Galit ako sa kanya. Masama ang loob ko dahil sa mga pinag-gagawa nya.

Pero hindi ko itatanggi, may bahagi ko ang gustong makipag-ayos na sa kanya. Nami-miss ko din naman yung pinag-samahan namin.

Dumiretso na ko sa banyo at naligo. Kasalukuyan akong nagsisipilyo ng maalala ko ang peklat ni Aries sa ibaba ng dibdib.

*Saan nya nakuha yun? Bakit sya may ganun?*

Ang weird ng pakiramdam ko sa peklat nya na yon. Napahawak ako sa ibaba ng dibdib ko. Kung hindi ako nagkakamali naka-tapat sa ribs ang peklat nya.

Teka lang.....Tama ba yun? Nakatapat sa ribs—nakatapat sa lungs? Yun ba yung—.

'*Jay-jay! Ako to! WAAAG!*'

**"Argh! Ang sakit!"** Sigaw ko kasabay ng paghawak ko sa ulo ko.

Nabitawan ko ang toothbrush ko at napahawak sa lababo ang isang kamay ko. Bigla nalang kasing kumirot ang ulo ko kasunod ng biglang pagpasok sa isip ko ng bagay na yon.

Boses ni Aries yun. Hindi ako pwedeng magkamali. Pero malabo, hindi ko maintindihan. Parang bahagi sya ng nakaraan ng nag-flashback bigla sa sakin.

Kelan nangyari yun parang wala akong maalala na ganung pangyayari. Hinilot-hilot ko ang sintido ko. Bahagyang nawala yung kirot ng ulo ko matapos ang ilang minuto. Siguro kailangang ko lang iligo to.

Itinuloy ko na ang ginagawa ko sa banyo at pilit kinalimutan ang pumasok sa isip ko. Pagkatapos, nagbihis ako agad at nag-ayos.

Habang nagsusuklay tumonog ang cellphone ko indikasyon na may dumating na text. Si Yuri ang nasa isip ko kaya agad kong kinuha yun para tignan pero isang unknown number ang bumungad sakin.

**From:** *+639*********
**Message:** *You're dead*

Binalot ako ng kakaibang kaba dahil sa message na yon. Muntik ko na ring mabitawan ang cellphone. Sana prank lang ang isang to. Sana nagkakamali ako ng nasa isip.

*Wag naman sana....*

Baka paglabas ko ng bahay may nag-aabang na pala sakin. Parang ayoko ng pumasok. Baka sa school ako ma-tegi, gusto ko pa naman maganda ako kapag namatay.

Panu kaya ako aalis nito? Alam kong hindi ako isasabay ni Aries.

*Si Yuri!*

Tama! Magpapasundo ako sa kanya. Tatanungin ko na rin sya sa pinag-usapan nila ni Aries. Sasabihin ko na rin tong na-receive kong message.

Nanginginid pa ang kamay ko ng hanapin ko ang number nya pero may message na biglang pumasok at napindot ko ang pangalan non kasunod ng call.

*GagongBaliw!*

Mabilis na sinagot ang tawag kaya hindi ko na napatay. Wala akong choice kundi kausapin sya kahit sandali para ipaliwanag ang katangahan ko sa cellphone.

**"Hello? Sorry... Napindot ko lang yung call. Papatayin ko na."** Sabi ko at sandaling hinintay ang sagot nya pero as usual hindi na naman sya nagsalita kaya pinatay ko na ang tawag.

Wala pang isang segundo ng may dumating na message galing sa kanya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Why are you not responding to my messages?*

Pinagmasdan ko yung message nya. Para kasing hindi sya jejemon ngayon. Hindi ko na pinansin at nireplyan na lang sya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *bc ksi me. Dming nangyri khapon.*
(Busy kasi me. Daming nangyari kahapon.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Still! You should have text me atleast!*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *demanding! Jowa ba kita?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *no! But i'm your future.*

Napangiwi nalang ako sa sinabi nya. Ayos din ang lalaking to. Pero meron naman syang magandang epekto. Panandaliang nawala ang pangamba ko ng dahil sa kanya.

Hindi ko na sya nireplyan. Ginawa ko na talaga ang pakay ko at yun ay ang tawagan si Yuri para magpasundo.

**["*Hello? Jay?*"]** Bungad nya sakin pagkasagot ng tawag.

**"Uy, pwede favor? Wala ka pa naman sa school diba?"**

**["*Wala pa naman. On the way pa lang ako. Anung favor yun?*"]**

**"Pwedeng magpa-sundo?"** Walang alinlangan na sabi ko.

Narinig ko ang mahinang pagtawa nya. **["*Actually, kanina pa kita hinihintay dito sa labas ng bahay nyo.*"]**

Nabigla ako sa sinabi nya at nataranta. Hindi ko na nagawang sumagot o patayin ang tawag. Nagmadali akong kuhanin ang gamit ko at tumakbo palabas ng kwarto.

**"Jay! Baka madapa ka!"** Sigaw ni Tita ng masalubong ko sya.

**"Pasok na po ako sa school."** Sagot ko sa kanya.

Dumiretso na ko sa labas ng bahay at andun nga si Yuri na nakasandal sa kotse nya. Ngumiti sya sakin at kumaway. Agad naman akong lumapit sa kanya.

**"Sakay na! Baka malate tayo."** Nakangiting bungad nya sakin.

**"Opo. Eto na po."**

Pinagbuksan nya ko ng pinto ng kotse. Sya na rin ang nagkabit ng seatbelt ko. Pakiramdam ko tuloy spoiled na ko sa kanya. Lagi nalang nya kasing ginagawa yun. Nagsisimula na ata akong dumipende sa kanya at hindi maganda yun.

Mabilis syang pumunta sa driver's seat para paandarin ang kotse. Habang nagmamaneho sya, hindi ko maiwasan na hindi sya tignan.

Ang asikaso kasi nya. Walang pinagbago kung panu nya ko asikasuhin. Pakiramdam ko nga mas maasikaso pa sya ngayon kesa noon. Ngayon kung kelan wala syang pinanghahawakan sakin.

**"Bakit ganyan ka makatitig sakin?"** Tanung nya na nagpabalik sakin sa reyalidad. **"...Naiinlab ka na sakin no?"**

Napangiwi ako. **"Eh?"**

Ngumiti sya ng matamis sakin. **"Sabihin mo sakin kapag na-i-inlove ka na ah?"**

**"Bakit ko naman gagawin yun?"**

**"Para mapahirapan kita. Ang lagay ako lang naghirap sa pagmamahalan natin? Dapat ikaw din."**

Sinutok sya ng malakas sa braso dahilan para mapasigaw sya ng malakas. Agad nyang hinimas ang braso.

**"*Itai! Itai! Itai!*"** (Ouch! Ouch! Ouch!) Mangiyak-ngiyak na sabi nya.

*Bakit nya kaya tinatawag ang Itay nya?*

**"*Sore wa totemo warui ga itai!*"** (It hurts so bad!) Inis na sabi nya sakin.

Nagsalubong ang kilay ko at tinignan sya ng masama. Dinuro ko sya sa muka.

**"Tangina mo rin!"** Sigaw ko.

Mangiyak-ngiyak syang humarap sakin. **"I am not cursing you!"**

**"Malay ko ba!"**

Inis na hinawakan nya ang manibela at pinaandar ang kotse. Cross arm naman akong sumandal sa upuan at tumingin sa labas.

Habang nasa byahe hindi pa rin sya kumikibo. Mukang napikon sa lakas ng suntok ko sa kanya. May pagkakataong tumitingin ako sa kanya at nakikita kong ini-inda nya ang sakit.

Sumubra ata ang ginawa ko. Muli nyang hinimas ang braso at pasimpleng tumingin sakin. Pero agad din syang umiwas at nag-focus sa pag-d-drive.

Nakarating kami sa school na walang kibuan. Hindi ko na hinintay na pagbuksan nya ko. Ako na ang gumawa non para sa sarili ko. Mabilis akong naglakad papunta sa room.

Pagpasok sa classroom inaasahan ko na may pagkain pa rin ako sa lamesa pero wala akong nakita'

g kahit ano.

*Langyang Felix to. Nakipag-ayos lang, tapos hindi na nagdala ng pagkain.*

Inis kong hinarap si Felix pero busy sya sa pakikipag-usap sa mga kapwa nya Ulupong. Uupo na sana ako ng may iabot na sticky note si David sakin.

Taka ko syang tinignan pero kinuha ko din para basahin.

'*Jay,*
*I enjoy our date. Sana magustuhan mo yung french toast at coffee.*

—*Felix*'

Toast at coffee? Eh wala namang—agad kong nilingon si Ci-N. Hindi nya ko binati kagaya ng lagi nyang ginagawa. Yun ay dahil meron syang kinakain.

Unti-unti syang lumingon sakin ng maramdamang nakatitig ako sa kanya. Pinilit nyang ngumiti kahit punong puno ang bibig nya ng pagkain.

Mukang sya ang nakakuha ng toast pero nakanino ang kape? Wala kay Ci-N dahil hindi naman sya nagkakape. Pero mukang hindi ko na kailangan pang hanapin. Malakas na paghigop ng kung anung inumin ang narinig ko mula kay David.

*Nice! Mukang pinagtigisahan na.*

May pag-*aahhh* pa sya matapos inumin yung kape na dapat ay para sa akin. Tinitigan ko sya ng masama para maramdaman nya ang inis ko sa kanya pero busy talaga sya sa iniinom at binabasa mula sa cellphone.

**"Nakakahiya naman don sa kumuha ng pagkain na para sa akin."** Parinig ko sa kanilang dalawa ni Ci bago maupo.

Parang walang narinig yung dalawa. Patuloy pa rin sila sa ginagawa. Napapangiwi nalang ako at parang ang sarap nilang batukan parehas.

Napatingin ako sa pinto at nakita kong pumasok si Yuri. Tuloy-tuloy syang pumasok at hindi man lang lumingon sa gawi ko.

*Aba matinde! Wala talagang pansinan.*

Napairap nalang ako sa hangin. Alam ko namang kasalanan ko pero tama ba namang hindi ako tuluyang pansinin. Parang napaka-laki ng kasalanan ko.

Samantalang nung nasaktan ko sya hindi naman sya ganyan. Ang simple lang ng ginawa ko tapos nagka-ganyan sya ngayon. Anung trip nya?

Pasimple ko syang nilingon sa likod. Nakikipag-usap sya kay Rory pero seryosong seryoso ang muka nya. Yung itsura nya tuloy noon kapareho nong unang beses ko syang makita.

Noong panahon na naging crush ko sya. Napailing ako at bumalik sa harap ang tingin. Sakto namang pasok ni Sir Alvin sa room para mag-klase.

**"Nagbago na pala ang schedule ng exam nyo. Katapusan ng March dapat yun pero naurong sa first week of April."** Sabi ni Sir.

**"Bakit naurong Sir?"** Tanung ni Eren.

**"Kasi hindi sumulong."** Biglang sagot ni Ci-N at malakas ang naging tawanan nila.

**"Aba humirit si Pandak!"** Pang-aasar ni Josh.

Muli na namang nagtawanan ang mga Ulupong. Tinignan ko si Ci at ganun nalang ang salubong ng kilay nya.

Tumayo sya at dinuro si Josh. **"I will kill your Pussy!"** Galit na sigaw nya.

Sandaling katahimikan ang bumalot sa room kulang nalang magkaroon ng kuliglig. Hanggang sa bigla nalang silang magtawanan ng malakas. Meron pang gumulong sa sahig at napaiyak sa kakatawa. Pati ako natawa narin.

Si Sir din na nakikinig lang samin nakitawa na rin. Lalung sumibangot sa inis si Ci-N. Nagsisimula na ring mamula ang muka nya dahil sa kahihiyan.

**"Wag nyo nga ako tinatawanan!"** Sigaw nya habang pumapadyak.

**"Isipin mo kayang mabuti yung sinabi mo."** Sabi ni Edrix habang pinupunasan ang mata.

**"Tama naman ah! Yung pusa ni Josh yung tinutukoy ko! Bakit ba kayo tumatawa?!"**

**"Tama na! Tama na! Maupo kana Mr. Peralta."** Awat ni Sir.

Padabog na naupo si Ci habang naka-nguso. Muli akong humarap kay Sir para pakinggan ang sasabihin nya.

**"...Magiging First week ng April ang exam nyo. If I'm not mistaken meron din kayong two weeks vacation before the Post Final Exam. Lastly, your graduation will be in June."** Dagdag nya.

*Bakit ganern?! Ang gulo naman ng sched nila.*

Palibhasa kasi August ang pasukan ng school na to. Wala pa naman akong natutunan sa mga nakaraang lesson. Ang totoo parang lagi naman atang wala.

Matapos ipaliwanag ni Sir ang ganap sa sinasabi nyang schedule bumalik na sya pagtuturo. Naging busy kasi sa mga lesson dahil kailangan daw maghabol ng topic.

Maging ang mga sumunod naming teacher naging focus din sa tinuturo. Maagang umalis ang huling teacher namin para sa umaga kaya maagang nakapag-luto si Eman.

*Pero hindi pa rin ako kakain dito.*

Naglakad na ko palabas ng room namin para dumiretso sa second floor. Kung saan ko laging hinihintay ang baliw kong Stepbrother.

Malapit na ko sa hagdan ng salubungin ako ni Calix. Nakapamulsa ang isang kamay nya samantalang nagkakamot naman ng pisngi ang isa. Nakayuko sya at parang nahihiyang humarap sakin.

**"Kelangan mo?"** Bored na tanong ko.

Sandali syang tumingin sakin bago muling yumuko. **"Nabasa mo....yung....sulat?"** Nahihiyang sagot nya.

Nag-cross arm ako at mataray syang tinignan. **"Oo."**

Parang nabuhayan sya sa sinabi ko at nakangiting tumingin sakin. Para bang nagkaroon sya ng magandang pag-asa.

**"Anung desisyon mo?"**

Pinagtaasan ko sya ng kilay. **"Wala. Hindi naman ikaw nagsulat non."**

**"Uy ako nagsulat non!"** Dipensa nya.

Sya nagsulat? Eh babaeng-babae yung sulat. Kulang nalang lagyan ng puso, bulaklak at unicorn para masabing pusong rainbow ang nagsulat.

*Uni-corn!*

**"Iba ba ang totoong trip mo?"** Wala sa sariling tanong ko.

Mabilis na nagsalubong ang mga kilay nya. **"Ano?!"**

**"Sulat babae ka eh! Dinaig mo pa sulat ko. Nahiya yung penmanship ko."**

*Parang dinaanan ng bagyo ang sulat ko.*

**"Sabi ni Mica gandahan ko daw sulat ko. Isa daw yun sa sikreto ng love letter—na totoo naman dahil maganda sulat nya."**

**"Sumobra nga sa ganda—naging questionable naman kung ikaw ba talaga gumawa."** Bulong ko pero mukang narinig din naman nya.

**"Sana pala hindi ko na ginandahan."** Kamot ulo nyang sabi.

*Ginwapuhan nalang, ganern!*

Sa totoo lang natatawa ako sa kanya. Malakas ang kutob kong nagpatulong pa sya kay Mica para lang magawa yung friendship letter-*daw* nya para sakin.

Sandaling katahimikan ang bumalot saming dalawa. Napatingin ako sa likod nya. Palapit si Percy na may dalang pagkain. Muli kong hinarap si Calix.

**"Salamat sa effort mo."** Sabi ko at tinignan naman nya ko. **"...ma-pride ako pero hindi masama ang ugali ko—kagaya nyo."** Napanguso sya. **"...hindi ko ipagdadamot ang hinihingi mong pagkakataon."**

Matamis ang naging ngiti nya sakin. Akmang yayakapin nya ko pero agad ko syang dinuro sa muka.

**"S-sorry. Natuwa lang."**

**"Pasalamat ka, naawa ako kay Mica."** Sabi ko.

**"Okay lang kahit Nanay ko pa ang dahilan."** Nakangiting sabi nya.

Napangiwi ako. **"Aba't matinde!"**

**"Basta binigyan mo ko ng pagkakataon. Ganun ka kahalaga sakin—bilang kaibigan, syempre."**

Napapa-iling nalang ako dahil sa inaasta nya. Naglakad na sya pabalik sa room. Naiwan akong nakatingin lang sa kanya.

*Ewan ko pero....kakaiba sa pakiramdam.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 236

**A/N:** Simula ngayon mag-Ud nalang ako kung kelan ko gusto. Nag-aalanganin kasi ako kapag may deadline na sinunod.

**Forgiveness**

***Aries's POV***

Kasalukuyan kong pinag-mamasdan ang repleksyon ko sa loob ng elevator. Malaki daw ang pinagbago ko—sabi ni Ella nung huling usap namin.

Maybe because I keep coming back from the hospital. Kakalabas ko lang pero nakabalik na naman ako tapos lalabas na naman. Hinawakan ko ang parte ng tagiliran ko kung nasan ang peklat ko.

*She saw my scar.*

Pero mukang wala syang clue. Ni walang bahid ng takot o pag-aalala sa mga mata nya. Mukang hindi rin naman sya interesadong alamin pa dahil sa hindi nya pagtatanong.

Maybe she really don't remember or she just don't care at all. It was one of my nightmare that hunt me almost everynight. Ipinikit ko ang mata ko para alisin sa isip ko ang itsura nya.

Ang mga mata nyang walang buhay. Ang kamao nyang dumudugo at isa naman ay nakasuntok sa salaming pader. Pati ang tunog ng mga bumagsak na piraso ng salamin. Kung panu sya pumulot ng malaking piraso ng bubog at gamitin yun panaksak....sakin.

Ang tunog ng bell ng elevator ang nagpabalik sakin sa kasalukuyan. Bumukas ang pinto non at agad akong lumabas.

Hindi ko na dapat isipin ang pangyayari na yon. Pero hindi ko mapigilan dahil tuwing nakikita ko si Jay-jay naalala ko kung panu nya idiin ang pagkakasaksak ng bubog sa ilalim ng dibdib ko.

*Masakit. Nakakabaliw na sakit.*

Dumiretso ako sa pinto ng opisina ni Kuya Angelo. Ang secretary nya ang sumalubong sakin. Nakangiti itong tumingin sakin bago tumayo.

**"Si Sir Angelo po ba?"** Tanung nya.

Nag-nod ako at pinindot nya ang isa sa buton sa intercom. Sinabi nya kay Kuya na andito ako.

**"Let him in."** Dinig kong sagot ni Kuya.

Sinenyas sakin ng secretary nya ang pinto ng mismong opisina nya. Nagpasalamat ako bago pumasok sa pinto.

Gabundok na papel ang una ko napansin. Bukod sa executive table nya pati coffee table meron din. Pati mga sofa set meron din.

**"Why are you here?"** Maotoridad nyang tanung ng hindi tumitingin sakin.

Nag-cross arm ako at bahagyang lumapit sa kanya. Hindi ako pumasok sa panghapong klase ko para lang maka-usap sya. Buti nalang at wala syang meeting.

**"I just want to ask you something."** Hindi sya kumibo halatang hinihintay ang sasabihin ko. **"...About the pictures."**

Tumigil ang mga kamay nya sa ginagawa pero nanatili syang hindi nakatingin sakin.

**"Bakit nasayo ang mga yon?"**

Tinignan nya ko ng walang reaksyon pero bakas pa rin ang tapang sa mga mata nya.

*Nakakatakot.*

**"It's very simple Aries. At alam kong yun din ang gagawin mo."** Sagot nya at muling bumalik sa ginagawa.

Tama sya. Haharangin ko din ang mga yon kung makita ko. Malamang nakita ni Kuya ang laman non bago pa makarating kay Jay-jay.

**"May ginawa ka na bang aksyon?"** Muling tanong ko.

Hininto ulit nya ang ginagawa. He look at me seriously. Malalim ang naging buntong hininga nya bago tumayo at lumapit sa isang table kung saan nakapatong ang gamit nya.

Meron syang kinuha sa loob ng briefcase. Inabot nya sakin yun ng hindi lumalapit kaya napilitan akong kumilos para kuhanin yon.

*Manila envelope?*

Binuksan ko yun at tinignan ang laman. Mga picture at ilang pirasong papel.

**"Ryosuke Sato. Only son of a very well known Yakuza family in Japan. Rival of Yuri."** Sabi nya at sumandal sa lamesa habang nakapamulsa.

Tinignan ko ang mga litrato. Hindi ko pa sya nakikita kahit minsan.

**"Kung si Yuri ang kaaway nya, bakit si Jay-jay ang pinapadalhan nya ng death threats?"**

**"Malamang alam nyang mahalaga si Jay-jay kay Yuri."**

Kung tutuusin kasalanan pala nya ang bagay na to. Pero walang saysay kung sisihin ko sya. Tinignan ko ang ilang mga papel. Mga information tungkol kay Sato pero hindi ganun kahalaga para makilala sya.

*22 years old. May kaso sa Japan kaya nagtago sa Pilipinas. Sangkot sa patong-patong na kaso sa gambling sa ilang illegal casino.*

Pero walang nakalagay kung panu nya nakaharap si Yuri. Masyadong kulang ang mga detalye. Kulang na kulang.

**"Do you have any plan?"** Tanung ko kay Kuya.

**"Sinubukan ko syang ipahanap sa mga koneksyon ko pero mautak ang taong yun."**

Binalik ko ang mga papel at picture sa brown envelop at pabatong binaba yun sa lamesa. Napahilamos ako sa muka ko. Ang hirap ng ganitong wala kaming maisip gawin.

**"Nakausap ko si Yuri."** Sabi ko at napatingin sya sakin. **"...sinabi ko sa kanya ang nakita ko."**

**"Anung sabi nya?"**

**"Matagal na daw nyang alam ang bagay na yon. Sinusubukan nyang bantayan si Jay-jay sa abot ng makakaya nya."**

**"But he can't be with Jay-jay all the time."**

Tama sya. May mga pagkakataon na hindi sila magkakasama. Sa mga pagkakataon na yon pwedeng gumawa ng hakbang si Sato.

Nasabi na rin nya sakin na alam ng buong Section E ang nangyayari kaya tumutulong din sila. Pero hindi sapat yun, hindi sapat ang buong Section nila.

*Kainis!*

Hindi naman dapat ako na-mo-mroblema ng ganito, bakit kasi hindi ko maiwasan. Malalim na buntong hininga ang binitawan ko.

**"You look worried."** Kuya Angelo said.

Napatingin ako sa kanya. Kakaiba ang mga tingin nya sakin. Para bang meron syang ino-obserbahan sakin.

**"What?!"** Inis na tanong ko.

**"Your no longer mad at her?"**

Napaiwas ako bigla. Alam nyang ayokong pinag-uusapan ang bagay na yan. I cleared my throat few times but I still feel a tension inside me.

Umalis si Kuya sa pagkaka-sandal sa lamesa at naglakad-lakad sa harap ng glass window ng opisina nya.

**"You know Aries..."** He started. **"...I always take care of you and Jay-jay as if you're my own flesh and blood. I try my best to discipline both of you and provide you your needs..."** Niluwagan nya ang suot na necktie. **"...I try to do many things like a real father will do. Dahil ayokong maranasan nyo yung naramdaman ko—lumaking walang Ama."**

Umiling ako. **"You didn't fail."**

**"I did."** Mabilis nyang sagot at ngumiti. **"...because if I don't, both of you will still love each other the same way you do before."**

**"It's a different story."**

**"Sinubukan ko kayong pag-ayusin pero naging matigas kayo pareho. Tell me Aries...what is the real reason of your hatred to Jay-jay?"**

Nagkuyom ang kamao ko. I knew he'll ask about it. I'm not sure if this is the right time but he will never stop asking.

*I have to explain everything.*

Unti-unti kong binuksan ang polo ko mula sa ibaba. Pagkatapos ay tinaas ko ang pang-loob kong tshirt para ipakita sa kanya ang peklat sa ibaba ng dibdib ko.

**"Anung meron sa peklat mo?"**

Huminga ako ng malalim. **"Sya ang..."** Napapikit ako. **"...sya ang sumaksak sakin."**

Binitiwan ko ang dulo ng damit ko at unti-unting dumilat. Bakas ang pagkabigla sa mga mata ni Kuya.

I understand. Wala akong pinag-sabihan ng totoo'

g nangyari noon. Kahit sila Keifer, Yuri at Percy na kaibigan ko pa noon. Ang alam ng lahat nakuha ko to sa pagtangkang tumakas sa lalaking kumidnap samin ni Jay-jay.

*From my own father.*

**"H-how?"**

**"Wala sya sa sarili. Ilang beses ko syang tinawag at pinaki-usapan pero hindi nya ko naririnig o pina-pakinggan."**

Halatang naguluhan sya sa sinabi ko. Puno ng pagtataka at hindi maintindihan ang paliwanag ko.

**"I don't get it."**

**"Wala sya sa sarili. Alam kong alam mo yung pangyayaring yon. Wala syang maalala sa kahit anung ginagawa nya."**

He curse and hold the bridge of his nose. Alam kong matagal na nyang problema ang kalagayan ni Jay-jay na yon. Ayaw lang talaga magpadala nung isa sa doctor.

*Natatakot daw kasi....baka takot malaman na baliw sya.*

**"...because of her, marami akong hindi magawa ngayon. Kailangan laging naka-medication muna bago gumawa ng activity."** Napabuntong hininga ako. **"...dahil sa kanya nagkaroon ako ng sakit."**

**"You can't blame Jay-jay like that."**

**"I have lot of reasons to hate her."**

Napailing sya. **"And she have lot of reasons to get mad at you."**

Natigilan ako. Naging malalim ang tingin sakin ni Kuya. Para bang sinasabi nya na mababaw ang dahilan ko.

**"...Ikaw ang Kuya nya, pero dahil sa dahilan mo—you let her feel fvcked! Ilang beses lumapit sakin si Jay-jay noon para itanung ang tungkol sayo pero hindi ko sya masagot..."** Nagsimulang magsalubong ang kilay nya. **"...Ilang taon mo syang tiniis? She feels alone! And you're not there to comfort her."**

Napaiwas ako ng tingin kasabay ng pag-yuko. *Mali ba ko?! Mali bang makaramdam ng galit sa lahat ng naranasan ko?!*

**"You let her suffer! Tell me Aries....hindi pa ba sapat na kabayaran yun sa sakit na binigay nya sayo?! Kailangan ka ng kapatid mo."**

Sinubukan kong ibuka ang bibig ko para magsalita pero walang lumalabas na kahit na anung salita sakin.

**"Subukan mong ayusin ulit ang lahat sa inyo....bago mahuli ang lahat."** Dagdag nya.

Kaya ko ba? Kaya ko bang ayusin ang meron samin. Buti sana kung ganun lang kadali yun. Pero hindi lang yun ang dahilan kung bakit ako nagagalit sa kanya.

Kaya ko bang kalimutan lahat ng galit ko sa kanya?

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Oo! Gumanyan ka! May kalalagyan ka sakin!

*Sige lang....wag ka mamansin.*

**"Hoy! Anu?! Ganyan ka nalang?!"** Inis na sabi ko kay Yuri.

Tinignan nya ko sandali at tinalikuran na naman. Gustong-gusto kong kutusan sya ng malakas-lakas. Natapos ang lunch at lahat-lahat hindi pa rin nya ko pinapansin.

Matapos ang unang subject namin sa tanghali ng magkaroon ng emergency meeting ang mga teacher. Nawalan kami ng klase pero isang oras lang.

Bigla nalang naglakad si Yuri papunta sa gilid ng building namin kung saan mapuno. Naupo sya sa bench na inupuan namin dati nung mangyari ang first kiss namin.

*Iihhkkk... Memory!*

Napailing ako para alisin sa ala-ala ko yun. Ayokong yun ang unang papasok sa isip ko tuwing mapupunta sa bench na to.

Pasipol-sipol akong sumunod sa kanya tapos ay padabog na naupo sa bench. Salubong ang kilay nyang tumingin sakin.

**"Kailangan mo?"** Walang gana nyang sabi.

**"W-wala. Naupo lang. Bakit? Kailangan ng dahilan para maupo at magpahangin."**

Napataas ang isang kilay nya. **"Talaga lang ah?"**

**"Bakit? Akala mo nagpa-papansin ako sayo? Hindi no!"**

*Oo. Sige. Lokohin mo sarili mo Jay.*

**"Edi hindi."** Bulong nya na narinig ko pa din.

**"Talagang hindi."** Parinig ko.

Hindi na sya nagsalita pa at nanatiling nakaupo don. Narinig ko pa syang nagbuntong hininga bago tumayo at tangkang aalis na naman.

Mabilis kong hinablot ang dulo ng polo nya. **"Aano ka na naman?!"**

**"Lilipat ako ng tambayan. Nakakahiya sayo."** Sabay hatak sa polo nya.

*Ay wow!*

Inis akong napatayo at tinignan sya ng masama.

**"Para kang tanga!"** Sigaw ko sa kanya.

Huminto sya at dahan-dahang humarap sakin. Salubong ang kilay nya at halatang nainis sa sinabi ko.

**"Ako pa ngayon ang parang Tanga?!"** Sigaw din nya sakin.

**"Hindi ba?! Lapit na ko ng lapit—layo ka naman ng layo!"**

**"Kasi nga naiinis ako sayo!"**

**"Yun lang?! Yun lang nainis ka na?! Ilang beses kitang nasuntok dati, ngayon ka lang nainis!"**

Nasabunutan nya bigla ang sarili. Napabuntong hininga din sya bago ako sagutin.

**"Sinusubukan ko din kung anong gagawin mo! Hinihintay kitang manuyo pero ikaw pa tong ma-pride."**

**"Edi sorry!"**

**"Sorry mo pagalit! Ganyan ka ba talaga?! Minsan matuto ka namang magpa-kumbaba!"**

*Aww...*

Nagsalubong ang kilay ko pero hindi dahil galit ako. Hindi ko maiwasan na hindi sumang-ayon sa sinabi nya. Masyado na yatang mataas ang pride ko kaya kahit simpleng sorry na sincere hindi ko mabigay sa kanya.

Napayuko ako. Mabilis naman nyang naramdaman na tinamaan ako sa sinabi nya. Lumapit sya sakin at hinawakan ang balikat ko.

**"S-sorry. I didn't mean—."**

**"Hindi. Okay lang."** Putol ko sa sasabihin nya. **"...kung tutuusin tama ka talaga. Masyado ng mataas yung pride ko hindi na nakakatuwa."** Hinawi ko ang kamay nyang nakahawak sa balikat ko. **"...babalik na ko sa loob para hindi ka maistorbo."**

Naglakad na ko palayo sa kanya. May ilang hakbang palang ang layo ko ng may biglang humawak sa braso ko. Hinawi ko ulit yun pero naging mahigpit ang hawak nya sakin.

**"Jay.... S-sorry."** Sabi nya habang dahan-dahan akong inihaharap sa kanya. **"...Nag-papa-lambing lang talaga ako sayo. Wala akong ibang ibig sabihin don."**

Nakayuko at pilit iniiwas ang tingin sa kanya. Hinawakan nya ang baba ko para pagtapatin ang mga mata namin pero naging mailap ako.

**"Jay-jay naman."**

Dalawang kamay nya ang humawak sa muka ko para pilit iharap sa kanya. Nagtagumpay sya pero ipinikit ko naman ang mga mata ko.

**"Open your eyes."** Utos nya.

Nanatili akong nakapikit.

**"Don't let me count."**

Hindi ako nagsalita.

**"Jay-jay. Isa."**

Sinubukan kong alisin ang mga kanay nya sa muka ko.

**"Ayaw mo talaga. Dalawa."**

Diniinan ko pa ang pagpikit.

**"You'll regret this. Tatlo."**

Segundo ang binilang ko bago sya kumilos. Bago nya napabukas ang mga mata ko sa pagkabigla. Pigil ang hininga ko at hindi nakagalaw.

*Hinalikan nya ko.*

Ayaw pang gumana ng mga kamay ko nung una pero nang tuluyan ng bumalik ang wisyo ko buong lakas ko syang tinulak.

Pareho kaming naghabol ng hangin ng tuluyang magkalayo. Pinunasan ko ang mga labi ko. Hindi ako makapaniwala. Sinamantala nya ang pagkakataon.

**"Y-yuri..."** Ang tanging lumabas sa bibig ko.

Gusto ko syang awayin at sumbatan. Mali to! May usapan na kami pero bakit nya ginawa.

**"Jay....I'm—."**

**"Nice. Nawala lang si Keifer duma-moves kana."**

Pareho kaming napatingin sa nagsalita. Nakapamulsa ang isang kamay at nakatingin samin ng masama si Edrix.

**"E-edrix..."** Tawag ko sa kanya.

**"Andyan na si Ma'am. Pumasok na kayo."** Walang gana nyang sabi at tumalikod na samin.

*Shit! Bakit ako kinakabahan ng ganito?*

Sandali kong tinignan si Yuri bago maglakad pabalik. Halos habulin ko si Edrix na nauuna samin pero bago ko pa sya mapigilang makapasok ng room lumingon na sya sakin.

Seryoso syang nakatingin sakin. **"Kung ayos lang sana sayo....gusto ding manghingi ng time para ipaliwanag sayo ang side ko."**

Napa-tango nalang ako ng di-oras. Tatalikod na sana sya ulit ng hawakan ko sya sa braso.

**"E-edrix... Yung s-sa nakita mo kanina—."**

**"Wag na nating pag-usapan."** Sagot nya sakin at tuluyan na syang tumalikod.

Hinayaan ko muna syang makapasok sa room. Nakaramdam ako ng presenya sa likod ko. Alam kong si Yuri yun kaya mabilis ko syang hinarap.

**"Bakit mo ginawa yun?!"** Inis na tanung ko.

Napayuko sya. **"S-sorry. Nadala lang."**

Tatalikuran ko na sana sya ng muli syang magsalita.

**"...natatakot ka ba?"**

Walang kahit na anong emosyon sa tinig nya. Hindi nang-aakusa o nangungutya. Parang seryosong seryoso pero walang galit.

**"A-anu—."**

**"Natatakot ka ba na isumbong ka nya kay Keifer?"** Tuloy tuloy na sabi nya ng hindi tumitingin sakin.

*N-natatakot?*

Ewan ko pero andun nga yung pakiramdam na takot. Takot saan? Takot nga ba ako na makarating yun sa kanya.

Tumalikod ako sa kanya. Nalilito ako. **"H-hindi ko alam."**

Mabilis ang bawat hakbang ko papasok sa room. Naupo ako agad at nakatingin lang naman sakin si Ci.

**"Okay ka lang?"** Tanung nya.

**"H-ha?"**

Tinitigan nya ko habang naka-kunot ang noo. Napalunok ako dahil sa tensyon na biglang naramdaman ko. Pilit kong iniiwas ang tingin ko hangang sa biglang.....

**'*PPPRRRROOOUUUUTTTTTTT*'**

"*ANG BAHO!*"

"*Hayop! Sinong umutot?!*"

"*Putcha! Parang one year na hindi tumae ang Gago!*"

"*Nakaka-suka!*"

"*Pota! Parang lahat ng sama ng loob nilabas na!*"

"*I-cancel ang klase!*"

**"Si Jay-jay po yung umutot!"** Sigaw ni Ci habang nakaturo sakin.

*Anak ng pota!*

**"H-hindi po!"** Tanggi ko.

**"Seryoso? Ang baho! Kelan mo pa dinadala yan?"** Tanung ni David.

Mabilis ko syang tinignan ng masama. At naniniwala talaga sya sa sinabi ng Batang Kumag.

**"Anu ba yan Jay! Parang hindi ka babae!"** Inis na sabi ni Eman.

**"Gusto mo na yata kaming mamatay."** Dagdag ni Felix.

**"Tama na yan. Langhapin nyo nalang para mawala agad."** Awat ng teacher namin habang nagpa-paypay.

*Bwisit naman!*

Ako talaga iniisip nilang nagpakawala ng bomba. Napilitan akong magpaypay sa ere para mawala agad ang amoy. Napatingin kay Ci ng mapansin kong pasimple syang tumatawa.

Binatukan ko sya. **"Ikaw ang umutot!"**

Himas-himas ang batok nya gamit ang isang kamay habang naka-peace sign naman yung isa. Kainis naman eh!

Hayop makaturo ang Batang Kumag na to. Ang lagay ako pa ang agrabyado sa kalokohan nya. Samantalang muntik na kong malason sa kagagawan nya.

Nakaka-suffocate ang amoy ng utot nya. Parang sinakal yung baga ko sa baho. Feeling ko nanuot ang amoy sa bawat atom sa parte ng katawan ko.

Napatigil ako sa pagpapa-paypay ng pumasok si Yuri sa room. Hindi nya ko tinapunan ng tingin. Tuloy-tuloy lang sya hangang sa maka-upo.

Bumalik na naman sa isip ko yung tanung nya. Natatakot nga ba ako?

*Natatakot nga ba akong malaman ni Keifer?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 237

**Siblings**

***Jay-jay's POV***

Tulala. Kulang nalang ata tumulo ang laway ko para masabing wala ako sa sarili. Well, lagi naman akong wala sa sarili pero iba yung ngayon.

Nakatulala ako sa kalendaryo. Almost two weeks na ng matapos ang birthday ni Ci. Ibig sabihin, birthday na ni Keifer ang kasunod.

*February 28 na bukas tapos 29 ang Hari ng mga Ulupong.*

Pero kahit isang tawag o text wala akong nare-receive galing sa kanya. Tapos yung GagongBaliw, dumadalang na rin sa pagtetext sakin. Lumiliit tuloy ang pag-asa ko na iisa lang sila ng Hari.

**"Peste ka Keifer! Sakit mo sa gums."**

Isusubo ko na sana ang natitirang Pepero stick na hawak ko pero pagtingin ko, wala na pala. Mukang nakain ko na ng hindi ko namamalayan. Tinignan ko yung bag ko pero wala na ring lamang pagkain.

Kung kelan feel kong mag-midnight snack tsaka pa nawalan ng chutchirya sa bag. Tinignan ko yung oras sa wall clock. 10:43PM na, tulog na siguro sila Kuya.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto ng kwarto ko. Sinilip ko sandali ang pinto ng kwarto ni Kuya. Sarado, wala ring ilaw sa paanan ng pinto. Ibig sabihin, tulog ang halimaw—este si Kuya Angelo.

*Wag sana makarating kay Kuya ang salitang Halimaw.*

Dahan-dahan din ang bawat hakbang ko. Daig ko pa magnanakaw. Pagdating sa hagdan mabilis akong naglakad papuntang kusina. Titignan ko kung meron akong pwedeng kainin.

Pagdating sa kusina. Boom! May Horoscope!

*Sa araw na ito ay magugutom ka ng husto kaya kumain ka. Ma-swerteng kulay: putik. Ma-swerteng numero: bokya.*

Salamat sa horoscope. Wala bang babala dyan?

Mukang naghahanap din ng pagkain si Aries. Panay ang silip nya sa mga container sa loob ng ref pero hindi sya masiyahan. Dumiretso sya ng tayo at malalim ang naging buntong hininga. Unti-unti syang humarap sa gawi ko bago isara ang pinto ng ref.

Mukang hindi nya ramdam ang presensya ko dahil patuloy sya sa paglakad palapit.

**"Aries."**

**"What the!.."** Gulat na sabi nya. **"...Anu ka ba?! Bakit ka ba nang-gugulat?"**

Gusto kong matawa sa sinabi nya. Nagiging magugulatin na din kasi sya.

**"Hindi kita ginugulat. Tulala ka kasi."**

Inis nya kong tinignan. **"Hindi ako tulala! Tignan mo kaya kung nasan ka."**

Tinignan ko naman yung kinalalagyan ko. Nasa pinto ako ng kusina. Madilim at walang kahit na anung liwanag na pwedeng pang-galingan. Patay na rin kasi ang ilaw sa ibang bahagi ng kusina.

**"Sinong hindi magugulat nyan? A voice from the dark tapos hindi pa kita kung sino."**

**"Sorry naman."** Kamot ulo kong sabi.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya. Napakamot din sya sa ulo at parang pagod akong tinignan.

**"What time is it? Why are you still up?"**

**"Midnight snack sana. May pagkain ba?"**

Tumingin sya sa ref bago ako sagutin. **"Meron pero puro ulam."**

*Ay... Ayoko non. Gusto ko kutkutin lang o kaya matamis.*

**"Ay..."** Kamot ulong sabi ko. **"...sa labas nalang ako bibili."** Patalikod na dagdag ko.

Bago pa man ako makalayo isang kamay ang bumatak sa kwelyo ko sa batok. Para akong Tuta na binitbit sa ere.

**"Anung sa labas? Let me remind you that someone wants you dead. Tapos lalabas ka?!"** Iritang sabi nya.

**"Edi mag-disguise ako."**

Napataas ang isang kilay nya. Kulang nalang sabihin nya na '*Napakatalino mo dyan*' sa sarkastik na paraan.

Sinubukan kong kumawala sa pagkakahawak nya sa kwelyo ko pero lalu lang nyang hinigpitan.

**"Sige na... May gusto lang talaga akong bilhin."** Pakiki-usap ko.

**"Gabi na."**

**"Owwwsss... Talaga ba?!"** Kuwaring manghang sabi ko.

Binitiwan nya ang kwelyo ko pero malakas na kutos naman ang binigay nya sakin. Maluha-luha ako habang hinihimas ang ulo ko.

**"Ang sakit naman ay!"** Reklamo ko sa kanya.

**"Yang tigas ng ulo mo na yan, tinablan ng sakit?"**

**"Ay baka tao rin po ako no?!"** Sarkastik na sagot ko sa kanya.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Mabilis akong tumalikod at naglakad pabalik sa kwarto ko. Tuloy ang balak kong bumili sa labas. Hinalungkat ko ang hoodie jacket ko. Naghanap din ako ng pwedeng pangtakip sa muka.

Isang bonet ang nakita ko. Kahit amoy niluom na panahon na—wa pakels! Kailangan ko to. Kinuha ko rin ang shades na pagmamay-ari ni Ci-N pero naiwan nya dito ng minsan syang tumira dito.

*Ayan! Muka nang tanga!*

Napangiwi ako ng makita ko ang sarili ko sa salamin. Muka akong amerikanong bangag—bling bling nalang kulang. Ang dilim sa labas tapos shades? Ayos! Muka akong adik. Bonet? Nasa Baguio lang ang peg?

Inalis ko ang mga yon at hinagis sa kama. Disguise pa more. Inayos ko nalang ang hood para matakpan ang muka ko.

*Okay na to kesa naman Amerikanong Bangag.*

Binulsa ko na ang wallet at cellphone ko. Pagbukas ko ng pinto sa halip na mapahakbang ako pasulong, napahakbang ako paatras.

Nakabungad kasi sakin ang pagmumuka ng Horoscope. Naka-hood din ang mokong at wag ka! Same color kami......Red!

**"Kamuka mo si Kokey."** Sabi nya habang naka-cross arm.

**"Sino yun? Artista ba yon?"**

Ngumiti sya sakin sabay nod. **"It's an actor."**

*Uy may kamuka akong sikat! Nice! Nakaka-proud!*

Napangiti naman ako ng matamis sabay hawi ng buhok ko papunta sa likod ng tenga. Pero ang pinagtataka ko sa kanya yung ngiti nya na parang nakakaloko.

Mataray ko syang tinignan. **"Bakit ka andito?"**

**"Edi sasamahan ka... Kesa hayaan kitang lumakad mag-isa."** Seryosong sagot nya.

Tinignan ko ang suot nya. **"Bakit naka-ganyan ka? Disguise din?"**

**"Tanga! Umaambon sa labas. Tinatamad akong magpayong."** Sabi nya sabay talikod sakin.

*Ang saya talaga kausap nito.*

Minsan, feel ko nalang iuntog ang ulo nya sa pader. O kaya isasama ko sya sa mga kapwa nya Horoscope. Tropa kaya sila ni Taurus at Scorpion?

Padabog akong sumunod sa kanya pero napahinto ako ng maalalang tulog na si Kuya at baka magising pa. Nakatingkayad akong naglakad hangang sa makarating sa hagdan.

Wala sa sala ang hunghang kong kapatid kaya dumiretso na ko sa labas. Hawak nya ang bike ko habang nakatingin sa kung saan.

**"Tara."** Aya nya ng hindi tumitingin sakin.

**"Aanhin mo yang bike ko?"**

**"Palalakarin."** Walang kahit anung emosyong sagot nya.

*Ay gudluck sa trip mo na yan.*

Napangiwi ako sa kanya at umirap naman sya sakin.

**"Malamang gagamitin po nating service. Use your useless brain sometimes."**

Hinampas ko sya ng malakas pero nagawang salagid yon ng siko. Ang ending? Ako ang nasaktan.

**"Tara na nga!"** Inis na aya ko at nagpa-una na ko sa kanya.

Dahan-dahan kong binuksan ang gate at sumilip sa labas. Tahimik na at halos tahol nalang ng mga aso sa malayo ang maririnig. Wala naman akong napapansin na tao o kotseng naka-parada sa malapit.

Lumingon ako sa likod ko at sakto namang palapit ang Horoscope. Seryoso ang muka nya habang nakatingin sakin.

**"Ako unang lalabas."** Sabi nya kaya bahagya akong umalis sa daanan nya.

Paglabas nya tumingin muna sya sa paligid. Kapareho ng ginawa ko kanina. Nang masigurong walang kahina-hinala, dun lang nya nilabas ang bike at sinenyasan akong sumunod.

Sumakay sya sa bike at tinignan ako. Expected ko na pasasakayin nya ko pero bigla syang nagpidal palayo.

**"Sige. Start walking now."** Walang buhay nyang sabi.

*Ay pota neto...*

**"Nakakahiya naman sakin. Bike ko yan."** Iritang sabi ko.

Huminto naman sya at nilingon ako. **"Oo na. Sakay na."**

Malapad ang naging ngiti ko at mabilis na lumapit sa kanya. Sa katawan ng bike ko balak umupo pero saktong pu-pwesto na ko ng mauntog ako sa baba nya.

**"Aray..."** Pabulong kong sabi at tinignan sya.

Nakatingin sya sakin ng masama habang hawak ang bibig at baba nya. Napangiwi ako.

**"Sabi ko nga... Sa likod na nga ako sakay."** Napilitan akong pumwesto sa likod.

Ayoko pa naman dito dahil nakatayo lang ako habang nakatungtong ang dalawang paa sa bakal sa gilid ng gulong. Nag-aalangan din ako dahil baka pag-nag-preno sya masubsob kami pareho.

Alanganin kong hinawak ang dalawang kamay ko sa balikat nya. Segundo lang ang binilang at pina-andar na nya.

*Weird sa pakiramdam nito. Ang saya na ang lungkot.*

Ang saya ko kasi ganito din kami dati. Naka-angkas ako sa bike nya habang pinapasyal nya ko. Hindi ko alam na mauulit pa pala yung ganito.

Pero kasabay din non yung pakiramdam na malungkot ako. Alam ko kasing pag-natapos ang gabing to baka hindi na ulit maulit pa to.

Sa totoo lang, kanina ko pa iniisip ang inaasta nya sakin. Gusto ko syang tanungin pero natatakot ako na maulit yung nangyari sa kwarto nyang bigla nalang syang nagalit sakin.

Gusto kong malaman kung okay na kami. Gusto kong malaman kung napatawad na ba nya ko. Gusto kong malaman kung tanggap na nya ko bilang kapatid. Gusto kong malaman kung......pwedeng ganito nalang kami.

Napatingin ako sa kamay ko n maramdaman ang ilang pagpatak ng tubig. Totoo nga ang sinasabi nya. Umaambon.

**"Sana hindi matuloy."** Bulong ko.

Bahagya syang lumingon sakin. **"Ha?"**

**"Yung ulan... Sana hindi matuloy."**

Huminto sya dahilan para muntik na kong masubsob sa kanya. Tumingala sya at pinakiramdaman ang langit. Ginawa ko din yon at don ko lang napansin na maliwanag ang buwan.

**"Hindi yan... Maliwanag ang buwan oh, may star pa."**

***Flashback....***

**"*Uwi na tayo... Mukang uulan.*"** *Sabi ko habang nakatingin sa langit.*

*Merong mga bitwin at kita rin ang buwan pero ramdam ko na ang pagpatak ng ulan.*

*Tumingala din sya.* **"*Hindi yan... Maliwanag ang buwan oh, may star pa.*"**

***EndOfFlashback...***

Hindi ko na-i-alis ang tingin ko kay Aries kahit likod lang nya ang nakikita. Bumalik sya sa pagpidal at nasa kanya pa rin ang panginin ko.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan kusang pumatak ang luha mula sa kanang mata ko. Ang ala-alang yon ang nagsasabi sakin kung panu ako naging masaya non kahit hindi ganun ka-kumpleto ang nakaraan ko sa isip ko.

Ngayon ako nagpapasalamat na hindi nawala ang masasayang ala-ala ko sa kanya. Kahit hindi kompleto ayos lang. Basta alam kong naging masaya kami.

*At kung pwede lang humiling....*

Sana ganun nalang kami ulit. Sana kapareho nalang kami ng dati. Walang kahit anong problemang iniisip. Pagmagkasama kami, parang kami lang ang tao at ang buong mundo ang playground namin.

Ang kaninang isang patak na luha, ngayon nadagdagan na. Nag-uunahan sa pagbagsak. Naiinis ako kasi hindi ko naman hiniling na umiyak pero eto na naman.

Hindi ko mapigilan. Ang pinag-kaiba lang hindi dahil nasasaktan ako. Kundi dahil meron akong hinihiling na alam kong imposibleng matupad.

*Please....* Gusto ko ulit makasama si Aries na kagaya ng dati. Gusto ko ulit na masaya kami. Gusto ko ulit non. Nami-miss ko ang panahon na yon. Nami-miss ko yong ginagawa namin. *Nami-miss ko ang Kuya ko.*

Pilit akong hindi gumagawa ng ingay. Ayokong marinig nya ang paghikbi ko. Nang matanaw ko na ang Mini Mart, pilit kong huminga ng malalim at punasan ang mga luha ko. Inayos ko din ang hood ko para hindi nya makita ang muka ko.

Paghinto nya sa tapat ng Mini Mart nauna na kong bumaba sa kanya.

**"Takaw talaga."** Parinig nya.

Pagpasok ko sa loob, sinenyasan ako ng clerk na ibaba ang hood ko. Bawal daw kasi.

*Muka ba kong holdaper?*

No choice ako kundi ang ibaba ang hood at padabog na lumapit sa mga pagkain. Pinunasan ko nalang ulit ang mata ko at sana lang hindi mahalata ang pamumula.

Kainis! Bakit ko ba kasi iniyakan yung Horoscope na yon? Kumuha muna ko ng mga chutchirya bago lumapit sa drinks. 1.5 litter na softdrinks ang kinuha ko. Akin lang to!

**"Put it back!"** Inis na sabi ni Aries na palapit sakin.

Bahagya akong yumuko at iniwas ang mata sa kanya. **"Eto gusto ko! Tsaka ako naman magbabayad!"**

Inagaw nya sakin yung softdrinks at binalik sa loob ng malaking refrigerator.

**"Kaya walang laman ang utak mo, puro unhealthy food kinakain mo."** Sermon nya at binalingan naman ang hawak kong chutchirya.

*May laman kaya utak ko—pagkain!*

**"Eto nga gusto ko!"** Inis na sabi ko habang pilit inaagaw yung mga chutchirya.

Walang awa nyang pinitik ang kamay ko kaya napabitaw ako. Mabilis nyang binalik sa shelves ang mga yun. Nakasimangot akong nakasunod sa kanya.

Lumipat sya sa kabilang shelves. **"You should eat food like this."** Sabay kuha ng loaf bread.

**"May ganyan kaya tayo sa bahay."**

Tinignan nya ang hawak na tinapay. **"Wala na. I ate it this morning."**

*Ay wow! Mukang may tinatagong katakawan.*

**"Mabubusog ako dyan?"** Iritang tanong ko.

**"Malamang! Lahat naman ng pagkain nakakabusog!"**

Kainis naman! Ayoko nga kasi nyan. Napilitan akong maningin ng mga biskwit. Pati pre-heated food pinagdiskitahan ko na rin. Pati yogurt na hindi ko naman nagustuhan ang lasa—napag-initan ko na rin.

Lumapit ako sa kanya na halos mapuno ang mga braso ko sa mga dala. Naka-liyad na rin ako habang yakap-yakap ang mga pagkain.

**"Ikaw magbayad nito."** Sabi ko sa kanya.

Inirapan nya ko. **"Oo na."** Mabilis nyang kinuha ang mga gustong bilhin bago ako muling harapin. **"...nakakahiya sa dami ng kinuha mo, baka kulang pa yan."**

Magkasunod kaming lumapit sa cashier. Habang isa-isang tinatapatan ng barcode reader yung mga binili namin, pasimple akong umatras at bumalik sa mga shelves. Kumuha ako ng chutchirya.

Tinago ko yun sa likod ko at ng malapit ng matapos si kahera, binaba ko sa harap nya lahat. Halos sabay pa sila na Aries na napa-igtad sa gulat.

**"Kasama po to!"**

Matalim ang naging tingin sakin ng horoscope. **"Tigas talaga ng ulo."**

Nag-tantalizing eyes naman ako sa kanya para magpa-cute na mukang lalu nyang kina-inis. Natatawa nalang ako.

*Hindi ka mananalo sa tigas ng ulo ko.*

Tatlong plastic bag ang dala namin paglabas ng Mini Mart. Nakasimangot ang Horoscope at parang binagsakan ng langit. Umabot kasi ng 1000+ ang binayaran sa lahat ng binili namin—pero parang sakin lang lahat.

**"Saya mo no?"** Sarcastic na sabi nya.

Hindi kasi mawala ang ngiti ko habang humihigop sa straw ng probiotic milk na hawak ko.

**"Food is life."**

Lumapit sya sa bike at tinaas ang stand non. Dahan-dahan nyang tinulak yon gamit ang isang kamay. Nasa isang kamay nya yung isang plastic bag. Nasa akin yung dalawa na parehong akin din yung mga laman.

**"Maglalakad lang tayo?"** Tanung ko.

Tinaas nya ang plastic bag na hawak. **"Makakapag-drive ako sa dala natin?"**

**"Sabi ko nga... Lalakad na nga."** Binilisan ko ang lakad para makasabay sa kanya.

Naging tahimik kami nung una habang nakatingin sa daan. Pinili kong wag na magsalita kahit natatakot ako sa katahimikan nya.

Yung mga laman tuloy ng plastic ang napag-diskitahan ko. Binuksan ko yung cheese bread at inumpisahang kainin yon.

**"Are you pregnant?"** Basag nya sa katahimikan na nagpasamid sakin.

Muntik ko pang mailuwa yung kinain ko. **"Tado! Saan mo naman nakuha yan?!"** Inis ko syang tinignan.

**"Simula kasi ng mapunta ka sa Section E, naging matakaw ka na. Tapos ngayon parang doble pa. Nagtimbang ka na ba?"**

Tinignan ko yung sarili ko. Hindi naman ako katabaan. Medyo sumisikip ang mga damit ko pero hindi naman problema yun.

**"Wagas kasi magpakain si Percy. Parang bibitayin na ko sa dami."** Paliwanag ko na totoo naman.

Kapag sinabi ko na gusto ko ng ganitong pagkain, bili naman sya agad. Nagiging spoiled na nga yata ako sa kanya.

Biglang nag-iba ang itsura nya at parang hindi nagustuhan ang sinabi ko. Binalik nya ang tingin sa harap at nagpatuloy sa paglalakad.

*Mukang hindi pa rin sila nag-uusap.*

**"A-alam mo bang..."** Panimula ko pero hindi pa rin sya tumitingin sakin. **"...galit na galit si Percy kay Yuri."**

Malalim ang naging buntong hininga nya. **"At galit na galit din ako sa kanila."**

Huminto ako sa paglalakad at nanatiling nakatingin sa kanya.

**"At galit na galit ka din sakin."**

Napahinto sya at parang palaso ang mga salitang binitawan ko na tumama sa likod nya. Hindi sya lumingon sakin at kita ko ang unti-unti nyang pagyuko.

**"Bakit nga ba Aries? Bakit? Anung ginawa ko sayo para magalit ka sakin at itago mong kapatid kita?"**

Segundo, minuto na umabot pa yata ng 10. Wala syang naging sagot hangang sa unti-unti nyang hinakbang palayo ang mga paa.

**"Let's go home. It's dangerous for you to stay outside."**

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Naiinis ako sa sarili ko. Hindi na dapat ako nagsalita. Anu bang dapat kong asahan.

Tuluyan ng walang nagsalita samin. Halos nasa tapat na kami ng gate ng bahay ng huminto sya. Huminto din ako may ilang dipa ang layo sa kanya.

**"Jay..."** Tawag nya sakin at unti-unti nya kong hinarap. **"...bigyan mo ko ng oras."**

*Ay wala akong relo.*

Taka ko syang tinignan. Hindi ko maintindihan ang oras na sinasabi nya.

**"...bigyan mo ko ng oras para isipin ang mga nangyari..."** Ngumiti sya sakin. **"...babawi si Kuya sayo."**

Kusang gumalaw ang mga labi ko at napangiti na rin. Akmang tatakbo ako palapit sa kanya ng makarinig kami ng tunog ng humaharurot na sasakyan.

Mula yon sa likod ko kaya naman nilingon ko at ganun nalang ang takot ko ng makita kong palapit yon sakin. Nanigas ang mga binti ko kasabay ng malakas na pagtibok ng puso ko.

*JAY-JAY! GUMALAW KA!*

Huli na para umilag ako. Naipikit ko nalang ang mga mata ko at hinintay ang pagtama ko sa kotse pero hindi yon ang naramdaman ko.

Dalawang bisig ang yumakap sakin at kasabay non ang pagtilapon namin sa gilid ng daan. Mahigpit ang yakap sakin at halos hindi ako nakagalaw.

Pagdilat ko, ang likod nalang ng tumatakbong kotse ang nakita ko kasunod ang tumatakbong si Kuya Angelo.

Nabibingi ako, wala akong marinig dahil sa lakas ng tibok ng puso ko. Tanging ugong ng matinis na tunog ang nangingibabaw sa tenga ko.

*Bakit ganito?*

Kaharap ko si Aries, meron syang sinisigaw sa mismong muka ko pero hindi ko marinig ang sinasabi nya. Hangang sa unti-unting lumilinaw sakin ang nangyayari.

**"Damn it! Answer me!"** Sabi ni Aries. **"...Jay! Anung masakit sayo!"**

Dahan-dahan akong umiling. **"W-wala... O-okay lang a-ako."**

Bigla nalang nya kong sinubsob sa dibdib nya. Malalim ang paghinga nya at dinig ko din ang malakas na tibok ng puso nya.

**"Damn it! Muntik ka na don."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 238

**Birthday Wish**

***Jay-jay's POV***

**"Tama ang Kuya Angelo mo Jay."** Sabi ni Tita. **"...Wag ka muna sigurong pumasok."**

**"Kasi Tita..."** *Balak ng mg Ulupong na magpadala ng video message sa Hari nila.* **"...baka po kasi."**

**"Muntik ka na kagabi. Buti nalang at andon si Aries."**

Napayuko ako, pareho kami ni Aries na hindi pinapasok ni Kuya Angelo. Alam pala nya na lumabas kami kagabi at yung nakita kong pagtakbo nya kasunod ng kotse-nangyari pala talaga.

Sinubukan ni Kuya na habulin yung kotse pero masyadong mabilis ang takbo. Idagdag pang walang plaka.

**"Wag ka na makulit. Magpahinga ka na."** Dagdag pa ni Tita.

Hinalikan nya ko sa ulo bago tumayo at lumabas ng kwarto. Agad kong hinanap ang cellphone ko para itext si Ci-N.

**To:** *BatangKumag*
**Message:** *Hnd aq ppsok. My nangyri kc.*
(Hindi ako papasok. May nangyari kasi.)

Segundo lang ang hinintay ko at sinagot kagad nya ang text ko.

**From:** *BatangKumag*
**Message:** *Anung nangyari? Bkt may nangyri? Kanino nangyri?*

Napangiwi ako. Naiimagine ko ang itsura nya habang tinatanung sakin yun. Nanlalaki ang mata at parang excited malaman ang sagot ko.

Nakarinig ako ng katok sa pinto at dahan-dahang bumakas yon. Muka ni Aries ang bumungad sakin.

**"Okay ka lang?"** Tanung nya.

Nag-nod ako. **"Ikaw? Okay ka lang?"**

Pumasok sya at lumapit sakin. Pinilit nyang ngumiti.

**"Okay lang din."**

**"Pwede mo na bang ibigay ang kapalaran ko for today?"** Inosenteng tanong ko at malakas na pitik sa noo ang nagpabagsak sakin.

**"Aagghhh! Ang sakit!"** Sigaw ko habang naka-hawak sa noo at nagpapa-gulong-gulong sa kama. **"Paking shit! Aray!"**

**"Puro ka kalokohan! You almost died last night and you still think like that!"** Inis na sabi nya.

Mangiyak-ngiyak ako habang tinitignan ang noo ko sa salamin. Namumula at parang may bukol. Feeling ko sing-tigas ng bato ang kuko nitong kapatid ko dahil sa sakit.

*Pati yata kaluluwa ko nasaktan.*

**"Sakit..."** Bulong ko. **"...ang sakit."**

**"O.A. mo naman."** Iritang sabi nya at lumapit sakin. **"...patingin ako."**

Inis ko syang hinarap. **"Oh ayan! Tignan mo!"** Halos ingudngod ko yung noo ko sa kanya.

Panibagong pitik na naman ang binigay na naman nya sakin. Halos lumumpasay na ko sa sahig dahil sa sakit.

Narinig ko ang malakas nyang pagtawa habang naglalakad palabas ng ng kwarto ko. At talagang maligaya pa sya sa dinaranas kong sakit.

Pero sa hindi ko maintindihan na dahilan. May kumikiliti sa puso ko. Napangiti ako at padapang bumagsak sa kama ko.

*Eto na ba yun? Ganito ba yung pakiramdam na ayos na kayo ng kapatid mo?*

Kinuha ko ulit ang cellphone ko at sa pagkakataon na to si Percy naman ang tinext ko.

**To:** *Percing*
**Message:** *ui! ui! Twg ka! My sasbhin aq!*
(uy! Uy! Tawag ka! May sasabihin ako!)

Nakangiti ako habang hinihintay ang sagot nya. Inabot din ng ilang minuto yun at muntik ko pang ipadala yung text ulit.

**From:** *Percing*
**Message:** *eeww... Poor! Walang pantwag.*

Agad na nagsalubong ang kilay ko. Kundi hindi ba naman kasi. Pinapatawag ko sya para ibalita yung mga pangyayari sakin tapos eto pa sasabihin nya.

*Bwisit kang blue eyes ka! Gagawin kong black yan.*

**To:** *Percing*
**Message:** *buset! Gwin mo nlang!*

Hindi din naman nagtagal at ginawa din nya ang inu-utos ko. Mabilis kong sinagot ang tawag nya.

**["*Yes? Hello?*"]** Maarteng bungad nya sakin.

**"Buset! Anung sinasabi mong poor ako?!"**

**["*Sana kasi ikaw nalang tumawag sakin.*"]**

**"Baka wala akong pantawag no?"** Sarcastic na sagot ko.

**["*Edi poor ka nga. Ikaw na ngayon si Jay-jay the Poorita girl.*"]** Sabi nya at tumawa ng malakas.

*Sira-ulo talaga.*

**"Baliw ka! May sasabihin ako sayo."**

**["*And... What is that kabayong bundat?*"]**

Napangiwi ako sabay ng pagtingin sa cellphone ko bago ibalik yun sa tenga ko at kausapin sya.

**"Okay na kami ni Aries!"** Buong galak kong sabi.

**["*Oh? Hindi nga?*"]**

**"Oo nga... Yata?"**

**["*Bakit may 'yata'? Hindi ka sure? Anu ba yan!*"]**

**"Baka kasi biglang topakin."**

**["*Ganito gawin mo...*"]** Sabi nya na parang nagbibigay ng instruction sa bata. **["*...puntahan mo sya. Hawakan mo sa noo, kapag may mainit-syempre may sakit-kaya sya nakikipag-usap sayo.*"]**

Napairap ako kasabay ng pagsampal sa noo ko. Mababaliw ako sa lalaking to. Tama ba namang sabihin yun. Grabe! Lumakas loob ko don mga 0.01%.

**"Eh panu kung walang sakit?"**

**["*Good news! Baka talagang nakikipagbati na sya sayo.*"]**

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Walang sakit yun, aning lang talaga tong si Percy. Nakaka-kaba lang kasi.

Panu kung bukas o kaya mamaya magkagalit na naman kami. Panu kung kaya lang nya ko kinausap dahil utos ni Kuya-imposible dahil mahirap pilitin yun.

*Panu kung dahil...*

**"May nagtatangka sa buhay ko."** Wala sa sarili kong sabi.

**["*Ano?!*"]** Biglang sabi ni Percy na nagpabalik sakin.

Dun ko lang din naalala na hindi ko pa pala nasabi sa kanya yung mga nakita at nangyari.

**"Percy... Naalala mo yung sinabi nung naka-away nila Keifer dati. Yung nagsabi na may gustong pumatay sakin?"**

**["*Oo. Bak-shit! Don't tell me-.*"]**

**"May nagpapadala sakin ng death threats tapos.... K-kagabi, may gustong sumagasa sakin."**

**["*What the.... Alam ba ng mga kaklase mo to? Ni Yuri? Ni Keifer?*"]** Nag-aalalang tanong nya.

**"H-hindi ko alam."**

Malalim ang naging buntong hininga nya. **["*Kakausapin ko ang Kuya Angelo mo. I have to go.*"]**

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Pinatay na kagad nya ang tawag. Napayakap ako sa mga tuhod ko.

Kung anu-anu na naman kasi ang naglalaro sa isip ko. Panu nga kung nakipag-usap lang sakin si Aries dahil akala nya....

*Akala nya katapusan ko na.*

Nakakainis! Bakit kailangan ganun? Hindi ba pwedeng makipag-bati sya dahil gusto nya, dahil nami-miss din nya ko, dahil gusto talaga nyang bumawi sakin.

Kailangan talaga may magtangka muna sakin. Kailangan talaga, isipin nya na mamatay na ko. Kailangan talaga ng ganun.

*Kaasar.*

Hindi ko na kaya ang ganito. Mabilis akong tumayo at naglakad palabas. Dumiretso kagad ako sa kwarto nya pero wala sya don kaya naglakad ako papunta ng sala.

Wala rin sya don. Balak ko sanang pumunta ng kusina ng may mapansin ako sa labas. Nakatayo ang Aries at parang merong tinitignan sa mga kamay nya.

Nilapitan ko sya at ganun nalang ang gulat ko ng makitang may hawak syang litrato. Mabilis kong inagaw sa kanya yun.

Kaming dalawa ang nasa picture na yon. Naka-upo sa daan habang hawak ni Aries ang pisngi ko at parang merong sinasabi. Hindi ako pwedeng magkamali, eto yung eksena namin kagabi.

**"They're closer than I thought."** Dinig kong sabi nya.

Hindi pa ko nagsasalita ng bigla syang lumapit sa gate at sinara yun. Mabilis din ang bawat hakbang nya papunta sa loob ng bahay. Sumunod din naman ako agad.

**"Manang! Make sure na titignan nyo munang mabuti kung sino ang tao sa labas bago pagbuksan! Wag kayong magpapa-pasok basta!"** Sigaw nya sa mga maid nila.

Nanatali akong nakatayo sa pinto habang hawak ang litrato. Nanginginig ang mga kamay ko.

Nagsisimula na naman akong matakot. Bakit ngayon pa nangyari to kung kelan wala sya? Bakit ngayon kung kelan pakiramdam ko mag-isa lang ako? Bakit ngayon kung kelan naduduwag ako?

*Pero ako si Jay-jay...kung hindi dapat ako matakot.*

Wala akong maalala na may inurungan akong laban. Wala akong inatrasan. Babae man o lalaki ang kalaban ko. Kung tutuusin, hindi naman ako dapat matakot dito. Nagbabanta lang sya at hangang doon lang ang kaya nya.

**"Hudlong ka. Hindi mo ko matatakot."** Bulong ko at nilukot ang litrato.

Mabilis akong naglakad pabalik sa kwarto ko at naligo. Nag-ayos ako at nagbihis ng uniform. Papasok ako sa school, hindi ako magpapasindak sa kagaya nya.

Inaayos ko ang laman ng bag ko ng biglang tumunog ang cellphone ko. Kinuha ko yun at tinignan. May tumatawag na unknown number.

Mahigpit ang naging hawak ko sa phone ko. Nanginginig pa ang daliri ko ng pindutin ko ang answer button.

**"H-hello?"** Bungad ko sa caller.

**["*Jay-jay? Si Eren to!*"]** Malakas na sagot nya.

Nangunot ang noo ko ng may marinig akong ingay mula sa side nya. Para bang nagkakagulo at nag-aaway-away.

**"A-anu bang... Bakit ang ingay?"**

**["*Jay! Kailangan namin tulong ng Kuya mo!*"]**

**"Ha?! Anu bang nangya-Hello?! Hello!"** Bigla nalang nawala ang ingay.

Nang tignan ko ay tapos na ang tawag. Dinampot ko ang bag ko at dali-daling tumakbo. Buti nalang at wala si Aries sa sala. Kinuha ko ang bike ko at ginamit yun para mabilis na makarating sa school.

Tagaktak ang pawis ko dahil sa bilis kong magpatakbo. Kailangan kong makarating don agad. Nasa gate pa lang ako ng may makita akong malalaking sasakyan na ginagamit sa construction.

*Hindi kaya... Wag naman!*

Taranta akong lumapit sa building namin. Ang daming tao na nagkakagulo, may mga istudyanteng nakiki-usyoso at si Guidance Councilor na nakikipag-away sa mga Ulupong.

Pinilit kong makipagsiksikan sa mga tao para makalapit.

**"Hindi nyo nga pwedeng galawin yan!"** Dinig kong sigaw ni Felix.

**"Naglabas na nang order ang board! Kailangan linisin ang mga kalat dito!"** Sabi ng Guidance Councilor.

**"Baka ho pwedeng sa susunod na araw nalang?! Kami nalang po ang magtatanggal ng mga natitirang kalat!"** Paki-usap ni Yuri.

Tinignan ko yung paligid. Wala na yung mga tambak na lumang table at bangko. Wala na rin yung ibang basura. Nang tignan ko ang mga Ulupong, nakaharang sila sa hagdan papuntang second floor.

**"Hindi pwede! Next week na sisimulan ang demolition! Gahol na sa oras!"**

**"Hintayin nyong makabalik si Keifer! Sya ang kausapin nyo tungkol dito!"** Galit na dagdag ni Rory.

**"Bakit pa namin sya hihintayin?! May schedule kaming sinusunod!"**

**"Kung idi-demolish nyo tong building saan kami magro-room?!"** Inis na tanong ni Mayo.

**"Sa open auditorium!"**

**"Ano?! Sira-ulo ba kayo?"** Pabalang na sagot ni Edrix.

Pinandilatan sya ng mata ng Councilor. **"How dare you talk to me like that?! Wala kayong respeto!"**

**"Bakit kayo?! Nire-respeto nyo ba kami?!"** Si Blaster.

Pinilit kong makarating sa gitna nila. Baka kasi atakihin sa puso yung matanda.

**"Ma'am! Ma'am!"** Singit ko habang naka-taas ang dalawang kamay ko. **"...nakikiusap po ako. Bigyan nyo po kami ng oras, aayusin po namin to."**

**"Miss Mariano, wala na kaming oras na pwedeng ibigay sa inyo! May schedule ng binaba ang broad at yun lang ang dapat sundin."**

**"Nakikiusap po ako Ma'am. H-hanggang bukas! Aayusin namin to, hanggang bukas!"** Paki-usap ko at halos lumuhod na ko.

Tinignan ako ng councilor at ang mga Ulupong. Matalim na irap pa ang binigay nya samin.

**"Hanggang bukas Miss Mariano!"** Sabi nya sabay duro sakin.

Tumalikod sya at naglakad paalis. Kasunod nya ang mga trabahador na may hard helmet pang suot. Maging mga istudyanteng nakiki-usyoso umalis na din.

Hinarap ko ang mga Ulupong. Salubong pa rin ang mga kilay nila.

**"Pumasok muna tayo sa room. Kailangan nating pag-usapan-."** Hindi na natapos ni Yuri ang sasabihin dahil sa biglang pagtalikod ng mga Ulupong.

Tinignan ako ni Yuri at nagpilit ng ngiti. Inakbayan nya ko at naglakad papunta sa room. Pagpasok namin sa loob, panay ang paypay ni sa mga sarili. Hindi umaandar ang nag-iisang ceiling fan. Medyo madilim din dahil sa patay ang nag-iisang ilaw.

**"Wala ng kuryente. Pinutol nila yung linya."** Malungkot na sabi ni Ci-N.

Bagsak ang balikat nila habang parang binagsakan ng langit yung iba. Parang mga naluge at wala ng pag-asa.

**"Anong balak? Hayaan silang sirain ang kwarto sa taas?"** Inis na tanung ni Drew.

**"H-hindi!"** Mabilis na sagot ko.

**"Eh ano ngang gagawin natin?"**

Napayuko ako. Ayoko mang sabihin at aminin sa sarili ko. Hindi na talaga kami pwedeng magstay sa building na to.

**"Hindi ba tayo pwedeng manghingi ng tulong sa Kuya mo?"** Tanung ni Eren.

Hindi ko pa nasusubukan pero pakiramdam ko hindi rin nya kami matutulungan.

**"Sa tingin ko h-hindi. Hirap na din kasi si Kuya sa mga problema nila, ayoko ng maki-dagdag pa."**

**"Edi hahayaan nalang natin? Ganun ba?"** Inis na tanung ni Felix.

**"Like we have a choice."** Sagot ni David.

Mabilis na tumayo si Felix at naghalungkat ng mga gamit sa likod. Nanguha sya ng box at naglakad palabas ng room. Sumunod si Yuri, Rory at Edrix sa kanya.

Nagkatinginan kami ni Ci-N bago maglakad para sundan sila. Sa second floor ang punta nila. Tumakbo ako, para abutan sila at ganun nalang ang pag-aalala ko ng makitang sinisira nila ang doorknob nung pinto ng huling kwarto.

*Yung picture room.*

**"Felix..."** Tawag ko sa kanya na may halong paki-usap.

Hindi nya ko pinansin. Hangang sa tuluyan na nyang masira ang doorknob at buong lakas nyang binuksan yung pinto. Sunod-sunod kaming pumasok sa loob.

Isa-isa nyang tinangal ang mga litrato sa pader at diretso yon sa loob ng box. Nanghihina ako habang pinagmamasdan sya. Kusang gumalaw ang mga paa ko para lapitan sya at tulungang tanggalin ang mga tinatanggal nya.

Hindi ko maiwasan na hindi masdan ang mga muka sa litrato. Ang saya nila tignan kahit may mga benda at band-aid sa muka. Meron mga seryoso ang muka, merong mga hindi nakatingin, merong parang nagulat at halatang walang paki-alam.

Napatigil ako ng makita ko ang nag-iisang picture ni Kuya. Aksidente akong napatingin sa likod non at may nakita akong sulat.

"*Myki,*
*Ang hirap mong kuhanan ng picture pero gwapo ka pa din kahit anung anggulo.*

-*Ion*"

Mukang merong kaibigan si Kuya na Ion ang pangalan. Maganda ang sulat nya at parang babae pero ayoko namang mag-assume dahil naloko na ko ng sulat kamay ni Calix.

Nilagay ko ang litrato sa kahon. Inabot din kami ng ilang minuto bago matapos. Ako na ang nagdala ng box pabalik ng room. Lalung bumigat ang pakiramdam ko ng makita kong inaayos nila ang mga gamit sa likod.

**"Eto na talaga, aalis na tayo sa building na to?"** Malungkot na sabi ni Denzel.

Dahan-dahan akong nag-nod. Napatingin kami kay Ci-N ng marinig namin syang humihikbi.

**"Pangalawang bahay ko na to eh."** Sabi nya. **"Dito ako sumasaya sa kahit may problema ako sa bahay."**

*At dito rin ako naging masaya.*

Pinili naming tapusin lahat ng aayusin. Naghakot kami na parang maglilipat ng bahay. Pati mga basura sa harap ng room namin inayos din namin para sa mga maghahakot bukas.

Inabot na kami ng dilim bago matapos. Si David at Ci-N na ang naghatid sakin pauwi dahil si Yuri naman ang tumulong kay Eman.

**"Salamat sa paghatid."** Walang buhay kong sabi sa kanila.

**"Magiging okay din ang lahat diba?"** Tanung ni Ci-N.

*Yan din ang tanong ko sa sarili ko.*

Gusto kong sabihin yon sa kanya pero ayoko namang tanggalan ng pag-asa ang batang kumag na to.

Nag-nod ako sa kanya sabay pilit ng ngiti. Hinintay muna nila akong makapasok bago umalis.

Parang pagod na pagod ang katawan ko na hindi ko maintindihan. *Natalo kami... Natalo ang Section E.* Pakiramdam ko napakahina namin at naging walang kwenta.

Para kami inutil na kulang ng isang parte. Masakit mang aminin pero simula ng mawala si Keifer, parang nawalan kami ng isang paa. Pinagkaka-isahan kami ng school.

Dati ilag sila sa Section E dahil alam nilang gagawa at gagawa sila ng gulo pero ngayon parang ang hina-hina na namin. Hindi na natatakot ang ibang istudyante.

Mabilis na bumagsak ang katawan ko sa kama. Gusto kong matulog pero ayaw akong patulugin ng isip ko. Kung anu-anung pumapasok at naglalaro sa utak ko. Feeling yata nila playground ang brain cells ko.

Pinilit kong bimangon mula sa pagkakahiga. Nagpalit ako ng damit at nagbabakasakali na yon ang maging dahilan para makatulog ako. Pero mas lalo lang akong hindi dinalaw ng antok.

Nakaupo ako sa kama ng biglang bumukas ang pinto at bumungad ang galit na muka ni Aries.

**"Where have you been?"** Tanung nya.

**"S-school."**

**"Ang tigas talaga ng ulo mo no?"**

**"May nangyari kasi kaya kinailangan ko talagang pumunta don."**

Napahawak sya sa sintido nya. Mukang handa talaga syang sermonan ako. Sandali nya kong tinitigan. Wala talaga ako sa mood na sagut-sagutin sya. Kaya naman hinayaan ko nalang syang dumaldal ng dumaldal.

Walang kahit na anong pumapasok sa isip ko. Dadaan lang sa tenga ko ang sinasabi nya pero hindi naman tumatambay sa utak ko.

**"Aries..."** Tawag ko sa kanya. **"...pwedeng bukas nalang tayo mag-usap? Pagod na kasi ako."**

Kita ko ang pagtataka at pagkabigla sa muka nya. Hindi na sya sumagot at naglakad nalang palabas ng kwarto ko.

Malalim ang naging buntong hininga ko. Hindi ko maintindihan. Mababaliw na ko sa mga nangyayari sakin.

Pakiramdam ko kampon ng kadiliman si Author. Ligayang ligaya sa pagpapahirap ng buhay namin-buhay ko to be exact. Hindi makuntento-siguro malakas ang sapak non sa ulo.

Narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Kinuha ko yun mula sa bag at isang text message ang nakita ko.

*Mula sa GagongBaliw.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *hey. How are you?*

Gusto kong sumigaw ng malakas at sabihing '*Putangina! Hindi ako okay!*'. Ayoko lang ng usap at baka maiskandalo din yung mga kapitbahay namin.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Keifer.*

Sinadya kong isend sa kanya yun. Gusto ko ng makilala ang ugok na to.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Watson*

Bahagya akong nabigla kahit inaasahan ko na to. Syempre alam nya yon dahil sya nga yon!

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *ikaw sya.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *haha... Ur cute.*

Napasimangot ako. Para bang pinaglalaruan ako ng Gagong to.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *I'm done playing games. Who the hell are you?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Any birthday wish for him.*

Isang litrato ang kasunod ng mensahe nya. Sa gitna ng malaking hall ay nakatayo si Keifer. Naka-tuxedong itim sya at meron kausap sa cellphone.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *sino ka ba tlaga?*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I know you more than you know me.*

Nabitawan ko ang cellphone ko. Bwisit! Napaglalaruan na naman ba ko? Sino to? Sino ang GagongBaliw na to?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 239

**Happy Birthday**

***Jay-jay's POV***

11:48PM. Dilat na dilat ang mga mata ko. Hindi ako makatulog dahil sa litratong pinadala sakin ng hudlong na yon. Ang masakit pa nito, hindi na sya sumasagot sa mga text ko.

**"Bwisit!"** Inis na singhal ko sa phone ko.

Kung hindi sya si Keifer, sino sya? Isa lang ang sigurado ako. Malapit sya sa Hari ng mga Ulupong na yon.

At anu yung suot ng Kumag na yon? Bakit parang nasa isang Party sya. Birthday Party nya? Wow! Nakakahiya naman! May gana pa syang mag-celebrate samantalang mabaliw-baliw kami dito.

**"Punyets ka! Happy-happy ka dyan tapos kami iyak-iyak dito."**

Padabog akong tumayo at dinampot ulit ang cellphone ko. Hinanap ko ang number ni Ci-N—sya lang kasi ang kilala kong may access sa dimunyung yun.

Pero bago ko pa mapindot ang call bigla kong naalala na wala pala akong pantawag. Hangang pantext lang akes.

*Jay-jay Poorita girl.*

Pinanlakihan ko ng butas ng ilong ang cellphone ko. Kulang nalang masilip na ang utak ko. Kung kaya lang mag-react nitong hawak ko malamang mapangiwi na to.

Dapat yata magpaload na ko kay Percy. Kayalang aasarin na naman ako nun. Kung anu-anu na naman ang ibansag sakin.

Naghihirap na kasi ako, hindi na ko nakabawi ng ipon. Buset kasi yung nangutang sakin—hindi marunong magbayad! Hindi ko na ulit naipon yun, sayang yun. Makakabili na kong sapatos.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. Bagsak ang mga balikat ko ng mapansin kong 10 minuto nalang at 12AM na. Ibig sabihin, February 29 na. Brrriittttday na nung Hari ng mga Ulupong.

*Nakakainis talaga! Nakakainis! Sobra!*

Isa nalang ang natitira kong pag-asa para matawagan tong kung sino man tong GagongBaliw na to. Tumayo ako at dahan-dahang binuksan ang pinto ng kwarto ko.

Nagdadalawang isip talaga ako sa gagawin ko na to. Dahan-dahan din ang bawat hakbang ko palapit sa kwarto ni Aries. Wag lang sana syang topakin. *Ay naku!*

Marahan akong kumatok nung una pero wala akong narinig na sagot. Sinubukan ko ulit pero wala pa rin. Hinawakan ko ang doorknob at unti-unting pinihit yun.

Kulang nalang pumalakpak ang tenga ko sa tuwa ng bumukas yun at mapagtantong hindi nag-lock ang kapatid kong Horoscope.

*Tip toe, tip toe, tip toe.*

Ayan! Naging balirina na ko sa kakatingkayad. Sinilip ko yung bedside table at andun nga ang hinahanap ko.

Ang mahiwagang cellphone ng horoscope. Dito ko malalaman ang aking kapalaran—*este*, eto ang gagamitin ko para matawagan ang GagongBaliw.

Kinuha ko yun at sinubukang i-unlock. *Ay kabog! Iphone ang Lolo mo!* Pero kailangan ko ang fingerprint nya para ma-unlock. Ang taray ng cellphone nya! High-tech!

Lumapit ako sa kanya at hinanap ang kamay nya. Binaba ko ng bahagya ang kumot hangang sa bewang nya. Topless na naman sya. Pero eto ang masakit—ginawa nyang unan ang isang kamay nya at ang isa nakahawak sa....*ano! Yung ano! Sa ibabaw ng ano.*

*Inhaled, exhaled! Huminga ka!*

Kailangan ko yung fingerprint nya. Yun lang para mabuksan ko ang cellphone nya tapos exit na. Kung bakit ba naman kasi dun pa nakahawak?! Ang dami-daming pwedeng hawakan!

**"Kaya ko to."** Bulong ko sa sarili ko.

Dahan-dahan kong hinatak ang braso nya palayo sa *kuwan* nya. Nagawa ko naman yun ng maayos. Hinlalaki nya ang una kong sinubukan. Nilapit ko don ang cellphone nya at tinapat sa bilog.

*Pero hindi bumukas!*

Sinubukan ko ang hintuturo nya pero hindi rin bumukas. Yung gitnang daliri naman at palasingsingan pero wala ding epek. Halos mapasigaw na ko sa inis. Hinliliit nalang ang huling pag-asa ko.

Akmang hahawakan ko na yon ng biglang gumalaw ang kamay nya. Bumalik sa paghawak sa....dun sa....*basta don!*

Sinubukan ko ulit na hatakin ang braso nya pero bumalik na naman don. Sa sobrang inis ko, nagsusuntok ako sa ere ng hindi gumagaws ng ingay. At ng dahil sa katangahan ko nabitawan ko yung cellphone.

Lumipad sa ere at ang tunay na katangahan ko? Tumama ang cellphone nya sa.....humihingi po ako ng patawad sa mga magiging anak ni Aries.

*I'm shorrey! I'm so shorrey!*

**"Fvck!"** Sigaw nya kasabay ng biglang pagbangon.

Sa sobrang takot at gulat ko, sumiksik ako sa gilid ng kama nya. Dinig ko ang pag-inda nya sa sakit.

**"The hell! Aaarrgghhh!"** Sigaw nya.

Gusto kong humingi ng sorry sa kanya pero baka patayin nya ko sa sobrang galit. Babalatan ako ng buhay nito pagnagkataon.

**"How on earth....?! Argh!"**

Ako yung naiiyak dahil sa ginawa ko. Pakiramdam ko tuloy hindi na sya magkaka-anak. May ilang minuto ko ding narinig ang pag-inda at pagmumura nya.

Nang medyo tumahimik na sya, sinubukan ko syang silipin sa kama pero laking gulat ng makitang wala sya don. Mabilis akong tumayo at tinanggal ang kumot sa kama.

*Hala! Nawala! Pati cellphone nya.*

**"Asan napunta yon?"** Tanung ko.

**"Is this..."** Nanlaki ang mata ko. **"...what you're looking for?"**

Unti-unti kong nilingon ang likod ko kung saan nang-galing ang boses. Ikom ang bibig ko habang naka-yuko.

**"What the fvck are you doing here?! In the middle of the *night*!"** Diniinan talaga nya yung huling salita.

Pinaglaruan ko ang mga daliri ko. Hindi ko masabi sa kanya. Gusto ko lang namang hiramin ang cellphone nya para matawagan yung GagongBaliw.

**"...and seriously?! Why did you hit my....my....my....my THING!"**

**"Panu mo naman nasabing ako yun? Maka-bintang ka dyan!"** Kuwaring inis na sabi ko. **"...tsaka hindi ko naman sadya yon."**

Malakas na singhal ang pinakawalan nya. **"Edi inamin mo din!"**

*Hindi ko naman talaga sadya!*

**"Nabitawan ko kasi tapos nalaglag sa *anes* mo. Sorry naman."** Nakayuko pa ring sabi ko.

**"What do you need this for?"** Tanung nya habang inihaharap sakin ang cellphone nya.

**"Makikitawag sana ako. Wala kasi ako pantawag."**

Malalim ang naging buntong hininga nya. Nagpipindot sya sandali don sa phone nya bago iabot sakin.

Taka ko syang tinignan bago abutin ang phone nya. Pinindot ko ang bilog na bagay sa phone at bumukas yon. Wala ng password!

**"Tinanggal ko na yung password. Ibalik mo nalang pagkatapos mong gamitin."** Sabi nya habang papalapit sa kama. **"...and PLEASE! Gisingin mo ko sa maayos na paraan."**

Nahiga sya sa kama at nagtalakbong ng kumot. Napangiti ako sabay tingin sa hawak ko.

*Nice! Matatawagan ko na ang GagongBaliw!*

**"Salamat!"** Buong galak kong sabi at mabilis na lumabas ng kwarto nya.

Halos isang hakbang lang ang naging pagitan ng kwarto nya sa kwarto ko. Hinanap ko agad ang cellphone ko na nakakalat sa kama. Ang number ng walanghiya ang pakay ko.

Halos pandilatan ko ng nata yung phone ni Aries habang tina-type ang number ng hudlong. Nanginginig-nginig pa ang kamay ko habang nilalapit yon sa tenga ko.

*Nagri-rinig na! I'm zo egzoyted!*

Halos mapaiktad ako ng sagutin ang tawag at kagaya ng inaasahan ko—walang nagsasalita.

**"Hoy....GagongBaliw."** Medyo inis na sabi ko. **"...Ako to! Si Jay-jay maganda."**

Wala pa rin akong naririnig na nagsasalita pero malakas ang pakiramdam kong nakangiti sya mula sa kabilang linya.

**"Sino ka ba talaga?! Ang lakas kasi ng trip mo hindi ko masakyan. Kapikon na eh! Alam mo yun!"** Nanlalaki pa ang mata ko habang sinasabi yon. **"...Sabihin mo na kasi kung sino ka? Ka-stress ka—sobra!"**

*Nasisira ang beauty ko sayo!*

Nakarinig ako ng pagtikhim mula sa kanya. Mahina lang yon pero alam kong sa bibig nya nang-galing.

**"Can you please say something? Natutuyo na laway ko dito kakadaldal tapos speechless ka pa rin."**

Malapit-lapit na kong mabaliw dahil sa kanya. Gusto ko na talaga syang dukutin mula sa kabila. Kung hindi ba naman kasi.....*haizt!*

Napatingin ako sa wall clock. 12:09AM na—birthday na nung ugok. Napabuntong hininga ako. Hindi ko pa rin alam kung sino ang GagongBaliw na to ang sigurado lang, konektado sya sa Pisting Hari ng mga Ulupong.

**"Hoy! Kung sino ka man—alam kong malapit ka kay Keifer. Baka pwedeng.....*ano*.....pakisabi..."** Marahas kong kinamot ang batok ko. **"...*Nyappi Brrritttday*."**

*Wait—ano sabi ko?!*

Mabilis kong natakpan ang bibig ko. Nabulol ako, anak nang! Simpleng Happy Birthday nalang hindi ko pa nasabi ng maayos.

Nakarinig ako ng mahinang pagtawa. Mukang pinagtatawanan ako ng Gago. Akala mo naman—hindi ko naman kaya sadya yun.

**"Sige. Tumawa ka. Maligaya ka dyan."** Inis na sabi ko.

Unti-unting nawala ang pagtawa nya. Naging tahimik ulit sa kabilang linya. Napayuko ako, marami pa kong gustong iparating sa Hari.

**"...Baka pwede ring pakisabi na..."** Malalim ang naging buntong hininga ko. **"...pakisabi na bumalik na sya. Nahihirapin na yung mga kapwa nya Ulupong..."** *Nahihirapan na ko.* **"...kailangan sya ng Section E..."** *Kailangan ko sya.* **"...maraming umaasa sa kanya..."** *Umaasa ako sa kanya.* **"...gusto na rin syang makasama ng mga kaibigan nya..."** *Gusto ko rin.*

Sa hindi ko maintindihan na dahilan bumagsak ang isang luha mula sa kaliwang mata ko. Humihigpit ang paghinga ko. Simpleng mensahe lang ang gusto kong iparating pero nahihirapan ang kalooban ko ng ganito.

**"Pakisabi na rin... Kung anu man yung inaasikaso nya. Pakibilisan."** *Para kasing hindi ko na kakayanin kung magtatagal pa sya.* **"...Wish ko rin para sa birthday nya. Maging totoo na sya sa nararamdaman nya..."** *Maging totoo na sya sakin.* **"...wish ko rin na sana mapatawad nya ko..."** *Dahil parang susuko na ko.* **"...sa mga nagawa ko sa kanya."**

Pasimple kong pinunasan ang luha ko. Liminok din ako para alisin ang nakabara sa lalamunan ko.

**"Sana lang talaga bumalik na sya agad....pero kung hindi pwede. Okay lang tatanggapin namin."** *Kahit masakit.... Kahit sobrang sakit.* **"...pakisabi yung mga yon sa kanya ah? Aasahan ko yan."** Tinignan ko yung oras kahit alam ko namang hindi pa nagtatagal ang usapan namin. **"...sige na. Papatayin ko na to. Baka magalit yung kapatid ko—inubos ko na yung load nya."**

Kagaya ng inaasahan ko wala na naman nagsalita mula sa side nya. Aalisin ko na sana sa tainga ko yung cellphone ng meron akong marinig. Hindi malinaw at hindi ko din alam kung may problema ba sa signal.

*Merong umiiyak.*

Magsasalita na sana ako ng kusang namatay ang tawag. Sinubukan ko pa ulit na tawagan yung number pero nakapatay na agad yung cellphone. Hindi ko maintindihan yung nangyari.

Umiiyak ba ang GagongBaliw? Pero bakit? Meron ba kong nasabi na hindi nya nagustuhan? Meron ba kong ginawa.

Napataas ang tingin ko sa pinto ng mapansin kong unti-unting bumubukas yun. Nakatayo ang Aries habang puno ng pagtataka na nakatingin sakin.

**"May nangyari ba?"** Tanung nya at naupo sa tabi ko.

Mabilis kong pinunasan ang takas na luha sa pisngi ko. Lumunok ako at bahagyang umubo.

**"W-wala... Feel ko lang mag-drama."** Dahilan ko.

Naramdaman ko ang braso nyang umakbay sakin. Pilit din nyang pinasandal ang ulo ko sa balikat nya.

**"Tungkol ba sa kanya?"** Bulong nya.

Parang switch na nag-on ang nararamdaman. Mabilis na bumagsak ang mga luha ko at parang wala ng bukas ang pag-iyak ko. Kusang yumakap ang mga braso ko sa kanya.

*Bakit ganito? Bakit ako nagkakaganito?*

**"Nahihirapan ako k-kahit wala syang ginagawa."** *Kung bakit parang wala syang ginagawa.* **"...nasasaktan ako kahit w-wala sya dito."** *Kung bakit wala sya dito.* **"...b-bakit kailangan kong makaramdam ng g-ganito?"**

**"Ssshhhh.... Normal lang yan. Si Keifer ba naman ang mahalin mo eh."** Sagot nya na kinainis ko.

Hinampas ko sya sa dibdib na ikinatawa nya. Pero unti-unti kong naramdaman ang pagseryoso nya. Humihigpit din ang yakap nya sakin.

**"Binalaan na kita dati. Mahirap mahalin ang lalaking yun."**

**"Nalaman mo? Minahal mo na ba sya?"** Inis na tanung ko habang pinupunasan ang mga luha ko.

Bigla syang humiwalay ng yakap at tinignan ako ng masama. Inambaan din nya ko ng suntok sa ulo na mabilis ko namang sinalag.

**"Parang hindi mo alam ang kwento ni Freya at Ella ah?"**

*Alam syempre. Ako pa!*

**"Pero hindi naman nila minahal si Keifer."** *Hindi kagaya ko.*

**"Dahil natatakot sila sa kanya."** Sagot nya na pinagtaka ko. **"...kakaiba magka-gusto sa babae ang gunggong na yon."**

Napaisip ako. Parang may nagsabi na rin kasi sakin non dati. Kakaiba sya magka-gusto, babakuran nya at hindi na hahayaan na mawala sa kanya.

**"Panung....bakit parang alam na alam mo?"**

Tinignan nya ko at ginulo ang buhok ko. **"Kahit nung grade school kami ganun na sya sa babae. Buti nalang at mabilis syang mawalan ng interest."**

Napasimangot ako. Kahit kelan talaga, napaka ng lalaking yon. Parang hindi tao ang babae sa kanya. Akala mo mauunahan ng mauunahan.

Tinignan ko si Aries na nakatingin sa kawalan. Hindi ko alam kung ito ba ang tamang oras na itanong to sa kanya.

**"A-aries... Pwede bang malaman kung bakit galit na galit ka kay Keifer?"**

Kita ko ang pagtagis ng bagang nya. Lumunok din sya at mabilis na iniwas ang mga mata sakin.

**"S-sorry. Okay lang kung—."**

**"He never listen to me."** Sabi nya ng hindi pa rin tumitingin sakin. **"...Sinisi nya ko sa nangyari kay Percy ng hindi man lang inaalam ang totoong nangyari."**

Napayuko ako. **"Yun ang isa pang nakaka-inis kay Keifer. Sarado ang utak nya sa mga paliwanag."**

**"Makitid ang utak."** Dagdag nya.

**"Pikon pa kamo."**

**"Topakin din."**

**"Spoiled."**

**"Huge asshole."**

**"Babaero pa."**

Bigla nalang syang tumawa ng malakas. Kahit natawa na rin. Bigla kaming nagkasundo sa panlalait sa Hari ng mga Ulupong.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan, sa kalagitnaan ng pagtawa ko napaiyak ako bigla. Umiiyak na naman ako. Umiiyak na naman ako ng dahil sa kanya.

Tumigil si Aries sa pagtawa at mabilis akong niyakap. Sinubsob ko ang muka ko sa dibdib nya.

**"Jay."** Tawag nya sakin.

**"B-birthday nya ngayon pero hindi man lang sya nagparamdam sakin. Hindi man lang sya tumawag o nag-message."** Sabi ko na parang nagsusumbong. **"...Ang daya! Ang daya nya! Sobrang daya!"**

*Punyeta ka talaga Keifer.*

Naramdaman ko ang kamay ng kapatid ko na humihimas sa likod ko.

**"Tumigil ka na Jay. Tumigil ka na sa pag-iyak ng dahil sa kanya. You have to accept the truth."**

**"A-anung truth?"**

Sinubukan kong itaas ang paningin ko sa kanya pero pinigilan nya ko. Hinalikan nya ang ulo ko.

**"There's a chance that Keifer..."** Nagbuntong hininga sya. **"...that Keifer will no longer coming back."**

Umiling ako. **"H-hindi. Panu m-mo nasabi yan? Sinasabi mo lang yan—."**

**"Aalis si Kuya Angelo bukas."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...He received an invitation from Watson Enterprise. Nakalagay don na ipapakilala na ang bagong major share holder ng company. Sa laki ng responsibilities nya don tingin mo ba makakabalik pa sya?"**

Muli akong napaiyak ng malakas. Tama sya! Pwedeng hindi na nga sya bumalik samin—sakin. May buhay na sya don na hindi ako kabilang. Na hindi kami kabilang.

*Hindi na dapat ako umasa...pero bakit naniniwala pa rin ako.*

**"Babalik sya. Alam ko babalik sya. Sabi nya babalik sya."** Pagpupumilit ko.

Kailangan nyang bumalik. Dapat bumalik sya dito. Dapat bumalik sya sakin. Kasi kung hindi sya babalik, panu na ko? Anung gagawin ko kapag nawala na sya ng tuluyan sakin?

Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang sabihin sakin ni Aries to. Buong akala ko ayos na kami pero bakit nya sinabi yon? Gusto pa rin ba nya kong saktan? Baka talagang galit sya sakin. Baka gumaganti nalang sya sakin.

*Hindi ganun yon.*

**"Bawiin mo yung sinabi mo! Babalik sya dito!"** Sigaw ko sa kanya at sinubukan syang suntukin.

**"Jay! Tama na!"**

**"Bawiin mo! Babalik sya!..."** *Babalik sya.* **"...kasi hindi ko kakayanin."**

Matagal kaming nasa ganung posisyon. Hindi ko na rin alam kung gano katagal akong umiiyak. Namalayan ko nalang na nakahiga na ko at hita ng Horoscope ang ginawa kong unan. Sinusuklayan nya ang buhok ko gamit ang mga daliri nya.

Sa simpleng paraan nya na yon, naging komportable ako.

**"Let me tell you something funny."** Sabi nya pero hindi ako tumingin o sumagot sa kanya. **"...Alam mo bang hindi ko na talaga alam ang tamang edad ko non?"**

Bahagya akong tumingin sa kanya at nagtaka.

*Shunga? Edad mo hindi mo alam.*

**"Kaya yung sinabi ko sayo dati—na kaya hindi ko sinabi ang totoong edad ko sayo para hindi ka maghinala na magkapatid tayo—hindi totoo yon."** Ngumiti sya kahit hindi naman nya alam kung nakatingin ako. **"...bago kasi ako ipa-ampon, edad mo lang ang alam ko. Three years old ka non. Oo mas matanda ako sayo pero hindi ko alam kung gano kalayo ang agwat natin."**

Bumalik ako sa pagtingin sa kawalan. Medyo nakakatawa nga yung katangahan nya na yon.

*Sobra! Tawa tayo... Ha.ha.ha.ha.*

**"Ang nakadagdag pa sa problema, wala akong birth certificate. Kaya kahit sila Kuya Angelo buong akala na Three lang ako nung nakuha nila ko."**

**"Panu mo nalaman yung tamang edad mo?"** Halo pabulong kong tanong.

**"Dahil sa Nanay mo—natin pala. Pero nalaman ko yon nung nasa grade school na ko. Pinagtawanan pa ko ni Percy non, ang tanga-tanga ko daw. Sariling edad ko daw hindi ko alam."**

Sa parteng yon ako napangiti. Pareho talaga kami ng ikot ng utak non. Pero hindi naman siguro nya kasalanan. Akala ko kasi shunga lang talaga sya.

Malalaman nya ang bagay na yon kung may matandang magtuturo sa kanya. Pero mukang edad nalang hindi pa naituro ni Mama.

**"Masaya ka ba?"** Wala sa sariling tanong ko. **"...masaya ka ba na hindi ka lumaki sa puder ni Mama?"**

Nagbuntong hininga sya. **"Hindi ko masabi. Magulo ang buhay ko."**

Umayos ako ng higa at pinagmasdan sya. Tumingin sya sakin ng maramdaman ang pagtitig ko sa kanya. Ngumiti sya habang patuloy sa pagsuklay sa buhok ko.

**"Matulog kana. Babantayan ka ni Kuya."**

At ang mga salitang yon ang nagbigay ng ngiti sakin. Sa kabila ng nangyari, may magandang bagay din pala akong maririnig.

**"Aries..."** Tawag ko sa kanya. **"...Ang laki ng butas ng ilong mo. Kita ko utak mo—ARAY!"** Tinampal nya ko sa noo.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 240

**A/N:** Magkakaroon ng time laps yung kwento ni Aries. Same with Keifer. Kaya expect a huge spacing.

**Kuya's Pain**

***Aries's POV***

Namumula ang noo nya. Mukang napalakas ang pagkakahampas ko. Pero kahit ganon, mahimbing ang tulog nya.

Namamaga ang mga mata nya sa kakaiyak. Siguro kung meron mang hindi nagbago sa kanya—bukod sa katigasan ng ulo nya—yun yong pagiging iyakin nya.

Hindi ko maiwasan na hindi ngumiti. Kahit sa murang edad, naalala ko pa rin non lung paano ko sya alagaan.

***Flashback...***

**"Ari!"**

**"Aris."** Pagtatama ko.

**"Asan Mama?"** Tanung nya habang nakatingin sakin ang bilugan nyang mga mata.

**"Nasa tarbaho pa."**

Yumuko sya at pinulot ang mga bato sa lupa. **"Ay, tagal."**

Kinuha ko ang kamay nya at pinagpag yon para bitawan ang mga batong nakuha nya. Sabi ni Mama madumi daw ang lupa at pwedeng makakuha ng bulate kaya dapat hindi pinapahawak si Jay-jay non.

**"Madumi! Bitaw!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Nititignan ko lang."**

Napatingin ako sa lumang gate namin ng may humintong tricycle sa tapat non. Dahan-dahang bumababa si Mama. Binitiwan ko ang kamay ni Jay-jay at nakangiting sinalubong sya. Ako na rin ang nagbukas ng gate.

**"Mama!"** Bati ko.

Pero hindi nya ko sinagot, nilagpasan nya ko na parang hindi nya ko nakita. Mabilis syang lumapit kay Jay-jay at niyakap.

**"Mama!"** Buong galak na sigaw ni Jay. **"Bakit ikaw tagal?"**

**"Na-miss mo ba si Mama? Kasi nag-work ako."**

Tumango-tango si Jay sa kanya. Tinignan ako ni Mama.

**"Isara mo yung gate at pumasok ka na dito."** Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok sa loob.

Ginawa ko ang inutos nya at mabilis na tumakbo papasok sa loob. Nakita ko na meron syang binubuklat na plastic bag. Puro pagkain ang laman non.

**"Ang dami pagkain! Tignan mo Ari!"**

**"Kuya Aries."** Pagtatama ni Mama. **"...mas matanda sya sayo."**

Tuwing uuwi galing tarbaho si Mama. Lagi syang may uwing pagkain. Bigay daw yon ng Boss nya. Minsan meron din syang uwing laruan para samin ni Jay-jay.

Pero mas gusto ko kung andito lang si Mama sa bahay. Mas gusto ko yung nakakasama namin sya.

Biglang dumating si Mama galing tarbaho. Meron mapulang bagay sa muka nya. Parang marka na nakalagay sa tabi ng labi nya. Galit na galit sya at parang merong kaaway.

Dumating si Ate Jamela Mae. Yung nakatira sa katabi naming bahay. Nagsisigawan sila sa loob ng bahay at hindi ko alam ang dahilan.

**"Aaway sila?"** Tanung ni Jay.

Napansin kong nagsisimula na syang umiyak. Agad ko syang nilapitan at hinimas sa ulo.

**"Hindi. Magkaibigan sila. Hindi sila aaway."** Paninigurado ko.

**"Talaga?"**

**"Oo. Tignan ko pa para sayo."** Sabi ko at naglakad papasok ng bahay.

Sa tingin ko ay hindi naman talaga sila nag-aaway. Nakaupo lang si Mama sa bangko sa harap ng lamesa at ganun din si Ate Jamela. Malalakas lang talaga ang boses nila.

**"Bwisit yon! Kaya pala ang bait-bait ng hayop! May balak pala sakin!"** Galit na sabi ni Mama. **"...may pabigay-bigay pa ng grocery! Anu akala nya sakin por que magkaiba ama ng mga anak ko magpapa-ganun nalang ako sa kanya basta?!"**

**"Andun na nga ako! May punto ka naman! Ang sakin lang, bakit mo inuntog ang ulo sa pader?!"** Inis na sabi ni Ate Jamela.

Tinuro ni Mama ang tabi ng labi nya. **"Sinampal ako ng Gago! Akala ata nya matatakot ako sa pananakit nya!"**

Marahas na kinamot ni Ate ang ulo nya. **"Panu ka na nyan?! Ang mga anak mo?!"**

**"Bahala na! Hahanap nalang ako ng ibang trabaho na pwede kong isama yung anak ko. Ipapasok ko na ng school si Aries."**

**"Eh pera?! Pang-bayad sa school. Pambili ng gamit at uniporme!"**

**"May pera pa ko dyan."**

**"Talaga? Hanggang kelan ang itatagal ng pera mong yan?"**

**"Ewan ko!"**

**"Umuwi ka na kasi sa inyo! Ipakilala mo na yang mga anak mo sa Nanay mo!"**

**"Hindi ko Nanay yon! Kaylangan ko bang ulit-ulitin na anak ako sa labas ng Tatay kong hudas?! Mabait lang talaga ang asawa nya para kupkupin ako."**

**"Bakit ka nga ba umalis?!"**

**"Edi nung nabuntis ako kay Aries. Inaway ako ng mga kapatid ko. Nilayasan ko nalang, nakakasawa eh!"**

**"Tawagan mo nalang yung Tatay ni Jay-jay. Mayaman yon diba? Sya nga nagbigay sayo ng lupa at bahay na to diba?"**

Hindi sumagot si Mama. Bigla nalang syang lumingon sa gawi ko at galit akong tinignan.

**"Diba sabi ko bantayan mo si Jay-jay? Bakit andito ka sa loob? LABAS!"**

Napatakbo na ko sa labas. Nakita ko si Jay-jay na binubungkal ang lupa. Lumapit ako sa kanya at kinuha ulit ang mga kamay nya.

**"Aaway sila?"** Tanung nya ulit.

Umiling ako. **"Hindi. Uusap lang."**

Hindi ko nga lang naintindihan ang pinag-uusapan nila. Tsaka ano yung anak sa labas? Kami ba yon? Kasi nasa labas kami.

Hindi ko nalang pinansin at nakipaglaro nalang kay Jay-jay. Sinabi ko na din sa kanya na ipapasok na ko ni Mama sa school. Nakikita ko yung anak ni Ate Jamela na laging umaalis ng bahay, sa school daw ang punta nya.

Siguro dun din ako papasok. Sana pwede ko isama kapatid ko.

**"Aries! Aries! Gumising ka!"** Sigaw ni Mama.

Minulat ko ang mata ko kasabay ng pagkusot. Nakita ko si Mama na binabalot ng kumot si Jay-jay.

**"Pupunta tayong ospital! Dalin mo yung bag ko!"** Utos nya sakin.

Kahit hindi ko alam ang nangyayari, ginawa ko pa rin. Kinuha ko ang bag nya at lumapit sa kanya. Binuhat nya si Jay at naglakad palapit ng pinto. Binuksan nya yon at hinintay ako.

**"Bilisan mo!"** Sigaw nya sakin.

Tumakbo ako palabas ng bahay. Halos malapit na ko sa gate ng huminto ako at tignan sya. Sinara nya ang pinto at halos patakbo ding lumapit sa gate. Madilim sa labas at walang tao sa daan.

**"Jay! Sandali lang! Pupunta tayong ospital!"** Sabi ni Mama habang pilit tumatanaw ng masasakyan.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal don ng may dumaang tricycle. Ayaw pa sana kaming isakay kundi lang naki-usap si Mama.

Pagdating sa Ospital yung babaeng nakaputi ang nakipag-usap kay Mama. Wala talaga akong maintindihan sa nangyayari. Pero ang napansin ko, hindi nagsasalita si Jay-jay. Wala syang malay at parang hindi na gumagalaw.

**"Hindi ka muna papasok sa school."** Sabi ni Mama sakin.

**"Bakit?"**

**"Kasi wala na tayong pera. Pinambayad ko sa Ospital para mauwi natin si Jay-jay."**

**"Gusto ko na mag-school!"** Pagpipilit ko.

Yung mga kalaro ko mag-school na. Gusto kong sumabay sa kanila. Gusto ko na ding pumasok.

**"Hindi nga pwede! Wala nga tayong pera!"** Sigaw nya sakin.

Napasigaw na rin ako kagaya nya. **"Pero gusto ko!"**

Bakit hindi pwede? Gusto ko na mag-aral. Gusto ko makasama mga kalaro ko don. Sabi nila tuturuan daw kami magbasa at magsulat don.

Bigla nalang akong pinalo ni Mama. Napaiyak ako sa sobrang sakit. Sinundan nya pa yon ng dalawang sunod na palo.

**"Wag ka nga makulit! Hindi nga sinabi pwede!"** Sigaw nya at pinalo ulit ako.

Kung saan-saan na tumatama ang kamay nya pero hindi pa rin sya tumitigil.

**"Tama na! Hindi na! Hindi na! Mama!"**

**"Magtanda kang bwisit ka! Hindi ka maka-intindi!"** Sigaw nya sakin. **"...hirap na hirap na ko! Wag ka na makisabay!"**

Hahampasin pa sana nya ko ulit ng biglang may pumasok na matandang babae sa pinto ng bahay. Natigilan si Mama mabilis na hinarap yung babae.

**"Bakit mo sinasaktan yung bata?"** Tanung nya kay Mama.

Sinubukan nya kong lapitan pero mabilis na humarang si Mama.

**"Dinidisiplina ko lang ang anak ko."** Sagot ni Mama sa kanya.

Nagtinginan sila ng matagal. Hindi ko sya kilala at ngayon ko lang din sya nakita. Meron syang dalang bag at plastic na maraming laman.

Sya pala ang Lola namin ni Jay-jay. Ilang beses syang pumupunta dito sa bahay para iwanan kami ng laruan at pagkain. Sya rin ang nagbabantay samin minsan. Meron na kasing bagon tarbaho si Mama.

Kayalang buong araw syang wala, hindi kagaya dati na kalahating araw lang. Kapag nakatapat sa 12 yung mahabang kamay ng relo aalis sya tapos babalik bago magdilim.

Pero ngayon, tulog pa kami ni Jay-jay umaalis na sya tapos babalik ng sobrang dilim na. Minsan nakakatulog na kami sa paghihintay sa kanya.

Ngayong araw, hindi dumating si Lola. Siguro marami syang ginagawa o baka napagod na. Matagal daw kasi byahe papunta dito.

**"Ari!"** Sigaw ni Jay-jay mula sa loob ng bahay.

Tumakbo ako papasok at hinanap sya. Naka-upo sya sa sahig habang katabi ang manika nyang wala na namang ulo. Lagi nalang kasi nyang tinatanggal.

**"Sakit tyan!"** Sabi nya habang hawak ang tyan at bigla nalang umiyak.

Lumapit ako sa kanya at pilit syang binuhat. Pina-upo ko sya sa mahabang bangko. Hinanap ko yung bote na ginagamit ni Mama samin kapag masakit tyan namin. Kulay green ang laman non at may kakaibang amoy.

Nakita ko yon sa lalagyanan ng gamot. Binuksan ko at ginaya ang ginagawa ni Mama kayalang may tumapon at nagkalat sa sahig. Hinayaan ko muna yon at pinuntahan nalang si Jay-jay na umiiyak pa rin.

Tinaas ko ang damit nya at nilagay yon sa tyan nya pero umiiyak pa rin sya. Pilit ko syang pinapatahan pero ayaw pa rin nyang tumigil.

**"Gusto ko Mama!"** Umiiyak na sabi nya.

**"Nasa tarbaho pa si Mama."**

Mas lalong lumakas ang pagiyak nya. Hindi ko alam kung panu sya papatigilin hanggang sa marinig ko ang pagbukas ng gate. Patakbo ko syang sinalubong pero galit na naman syang tumingin sakin.

**"Anung ginawa mo? Bakit umiiyak si Jay-jay?"** Nilagpasan nya ko at nilapitan si Jay na mabilis na sumama sa kanya.

Dadalhin na sana nya sa higaan ng matapakan nya yung tumapon na kulay green.

**"Ano to?!"** Tanung nya.

Bahagya syang umupo at inamoy yon. Hinanap kagad nya ang bote non na nasa likod lang nya.

**"Sinong gumalaw nito?"**

**"Nilagyan ko si Jay—."**

**"Lintik ka! Bwisit na buhay to! Wala ka bang utak?! Bakit hinayaan mong tumapon?"**

Binaba muna nya si Jay at kumuha ng basahan. Pinunasan nya yung sahig. Meron syang binubulong na sabi ni Lola Bad words daw at dapat hindi gayahin ng bata.

Panay ang tingin nya sakin at alam kong papaluin na naman nya ko. Minsan pakiramdam ko puro mali lang nagagawa ko at minsan naiisip ko na si Jay-jay lang ang mahal nya.

**"Papasok na ko. Yung binilin ko! Wag mo iiwan si Jay-jay."** Sabi ni Mama bago lumabas ng pinto.

Tulog pa si Jay at hindi pa bumabangon kaya hindi na nakapag-paalam sa kanya si Mama. Lumapit ako sa kanya at inayos ang kumot nya. Naiinggit talaga ako sa kanya.

Mahal na mahal kasi sya ni Mama samantalang ako parang gusto na nyang mawala.

Pero okay lang, mas bata sya sakin kaya naiintindihan ko. Mas kailangan ng Baby ang pagmamahal ng magulang, sabi sakin yun ni Lola.

Tumingin ako sa labas ng bintana. Mukang hindi pupunta si Lola ngayon. Kinuha ko muna ang laruan ko na bigay nya. Naglaro muna ako sa labas sa tapat ng pinto.

**"Aries!"** Sigaw ng kung sino.

Hinanap ko yun at nakita ko ang mga kalaro ko sa labas ng gate. Kumakaway sila sakin.

**"Sama ka samin!"** Aya nila sakin.

Tumayo ako at sandaling sumilip sa bahay. Tulog pa naman si Jay at mamaya pa sya magigising. Babalik nalang siguro ako bago sya magising.

Sinara ko yung pinto at tumakbo palabas ng gate namin.

**"Tara dun tayo sa court!"** Sabi nila at sumunod naman ako.

Pagdating don, merong naglalaro ng basketball. Naisip naming manuod muna dahil mukang masaya. Marami silang naglalaro at pinagpapasa-pasahan yung bola. Paglaki ko, maglalaro din ako non.

Hindi ko alam kung ganu na kami katagal don pero napansin kong umaalis na yung mga tao. Tsaka ko lang naalala si Jay-jay. Hindi ko pa pala sya napapakain.

Nagpaalam ako sa mga kalaro ko at tumakbo pauwi sa bahay. Nakabukas ang gate at pinto pagdating. Natakot ako bigla dahil baka lumabas ng bahay si Jay.

**"Jay-jay!"** Tawag ko.

Pagpasok ko sa loob bigla nalang may humampas na bagay sakin. Napaluhod ako at napaiyak sa sakit. Nang tignan ko kung sino yon, si Mama pala. Meron syang hawak na hanger at galit na galit sakin.

Hinampas nya ko ulit at napasigaw na ko sa sakit.

**"Mama! Masakit!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Sabi ko wag mo iiwan si Jay-jay! Ang tigas ng ulo mo!"** Sabi nya habang patuloy sa pagpalo sakin.

**"Ma! Tama na!"**

**"Hindi ka marunong sumunod!"**

Hindi pa rin tumitigil sa paghampas sakin. Tinatamaan ako sa kung saan at pati sa muka.

**"Gusto mo sa labas?! Sige sa labas ka!"** Hinatak nya ko palabas at halos ibato nya ko. **"...dyan ka!"**

**"Hindi na po Mama!"** Pagpupumilit ko.

**"Uulit ka pa?! Hindi ka marunong sumunod!"**

**"Hindi ko na iiwan si Jay-jay!"** Sabi ko habang patuloy sa pag-iyak.

Hindi na sya nagsalita at binato ang hawak na hanger sa loob. Kinuha nya ang bag nya at umalis ulit. Tumayo ako at pumasok ng bahay.

Nakita ko si Jay-jay na nakaupo sa sahig at kumakain ng tinapay. Buti sya hindi sinasaktan ni Mama. Siguro mas  mahal nya sya talaga.

Maagang umalis ngayon si Mama. Naiwan na naman kami ni Jay-jay. Ayoko pa sana syang paalisin dahil may sakit na naman si Jay.

Mainit sya at parang nanghihina. Sinubukan ko syang gisingin para kumain pero umiyak lang sya ng umiyak. Bumalik din sya sa pagtulog pagkatapos.

Nag-aalala ako sa kanya. Natatakot ako na baka dalhin ulit sya sa Ospital. Ang dami nilang sinasaksak na gamot sa kanya don.

**"Aries!"** Tawag ng kung sino mula sa labas.

Nakitang kong binuksan nya yun gate at kusang pumasok. Meron syang dalang mangkok. Nang makalapit dun ko lang nakita kung sino sya. Si Ate Jamela.

**"Bakit po?"** Tanong ko.

**"May dala akong pagkain. Tara kumain na kayo ni Jay."** Sabi nya at tuloy-tuloy na pumasok palapit sa lamesa.

**"Tara na... Gisingin mo si Jay."**

**"May sakit sya. Mainit tsaka ayaw kumain."**

Agad nyang nilapitan si Jay at hinipo sa noo. **"Mainit nga. Asan ang Mama mo?"**

**"Sa tarbaho na."**

**"Iniwan kayo ng ganito? Aba naman."** Tumayo sya at lumapit sa drawer namin ng mga damit.

Nanguha sya ng bimpo at binasa yon ng tubig sa may lababo. Piniga nya at tinupi-tupi. Lumapit ulit sya kay Jay at nilagay yun sa noo nya.

**"Titignan ko kung may gamot samin. Kumain ka na."** Sabi nya at lumabas.

Ginawa ko ang sinabi nya. Kumain muna ko ng dala nyang pagkain. Pero hindi ko maiwasan na hindi tignan si Jay. Gusto ko din sana syang paka-inin.

Bumalik si Ate Jamela dala ang gamot na sinasabi nya. Ginising nya si Jay-jay at pilit pina-inom ng gamot. Lagi nalang bumabalik ang sakit nya.

Kanina pa madilim pero wala pa rin si Mama. Sinubukan ng puntahan ni Ate Jamela sa tarbaho pero wala daw don. Hindi pa din gumagaling si Jay-jay.

Nilapitan ko sya para ibalik ang bimpo sa noo nya. Dumilat sya at tinignan ako.

**"A-asan Mama?"** Tanung nya sakin.

**"Wala pa."** Sagot ko at nagsimula na naman syang umiyak. **"Tahan na."**

**"Gusto ko Mama."**

Ako din gusto ko si Mama pero wala naman sya dito. Hindi ko alam kung nasan sya.

**"Dadating na yon. Hintay lang tayo."**

Unti-unti din syang tumigil sa pag-iyak. **"G-gutom ako."**

Wala pa kaming pagkain. Naubos ko na yung kaninang tanghali. Ganitong oras kasi andito na si Mama para pakainin kami. Dahil wala pa sya kaya wala pa rin kaming pagkain.

**"Gusto ko main."** Sabi nya.

Tinignan ko kung may natitira pang pagkain kahit tinapay pero wala. Isa lang ang naiisip ko at yun ang bumili sa labas.

Kinuha ko ang baryang nakapatong sa lamesa. Iniwan yon ni Ate Jamela para sakin.

**"Bibili lang akong pagkain. Dito ka lang."** Sabi ko at tumango naman sya.

Tumakbo ako palabas ng bahay. Merong tindahan ng pagkain malapit samin. Nagtitinda sya ng mga ulam minsan may pang-miryenda.

**"Pabili Ate."** Sabi ko sa tindera.

**"Anu sayo?"**

**"Yung pang may sakit."** Sagot ko at tumawa naman sya.

**"Lugaw?"** Tanung nya.

Hindi ko alam kung anu yon pero tumango nalang ako. Agad syang nanguha ng plastic at nagsalin don. Inabot ko ang bayad sa kanya bago nya ibigay sakin yung binibili ko.

Patakbo ulit akong bumalik samin pero nasa gate pa lang ako nakita ko na si Mama sa loob ng bahay. Napahinto ako malapit sa pinto. Meron kasi syang hawak na tsinelas.

Papaluin na naman nya ko.

**"Saan ka galing?! Bakit mo na naman iniwan si Jay-jay?! Ang tigas talaga ng ulo mo!"** Sigaw nya sakin at akmang hahampasin ako.

Mabilis akong lumayo at mukang lalong nagalit si Mama.

**"Gusto mo talaga dyan sa labas?! Sige! Dyan ka matulog!"** Sigaw nya at sinara ang pinto.

**"Mama!"** Sigaw ko at paulit-ulit na kinatok ang pinto.

**"Dyan ka! Wag kang papasok!"** Sigaw nya mula sa loob.

Kailangan kong ibigay ang pagkain ni jay-jay. Naririnig ko ang pag-iyak nya at pagtawag sa pangalan ko.

**"Mama! May ibibigay ako kay Jay-jay."**

**"Manahimik ka!"**

Hininto ko ang pagkatok at naupo sa sahig sa harap ng pinto. Yakap-yakap ko ang binili ko para kay Jay.

Ayokong matulog sa labas pero natatakot akong mapalo ni Mama. Nung huling pinalo nya ko pati muka ko tinamaan. Ang hapdi sa balat.

Sinandal ko ang ulo ko sa gilid ng pinto. Pinatay na ni Mama ang ilaw sa loob at labas ng bahay kaya naman sobrang dilim. Hindi ko namalayan ang oras hanggang pati mga katabing bahay namin nagpatay na rin ng ilaw.

Siguro nga, hindi ako mahal ni Mama.

Dinala na naman si Jay-jay sa ospital. Iniwan ako ni Mama kay Ate Jamela dahil hindi naman daw nya ko maasikaso don.

Tanghalian na nung dumating si Mama para sunduin ako. Pagdating namin sa bahay, naghanap agad sya ng bag at naglagay ng damit don. Pero damit ko ang nilalagay nya.

**"Saan tayo punta Mama?"** Tanong ko sa kanya.

**"Kay Lola mo. Dun ka muna sa kanya."** Sagot nya ng hindi tumitingin sakin.

Hindi na ko sumagot. Pagkatapos kumuha ng damit hinatak nya ko palabas ng bahay. Muntik pa nyang hindi maisara ang pinto ng bahay dahil sa pagmamadali.

Pumara sya ng Tricycle at nagpahatid sa sakayan ng jeep. Hindi pamilyar sakin ang dinadaanan namin. Gusto ko sana magtanong kay Mama pero baka magalit sya.

Habang umaandar ang jeep panay ang tingin ko sa bintana. Sobrang layo na naman sa bahay. Hindi ko na alam kung nasan kami.

**"Para!"** Sigaw ni Mama at huminto ang jeep.

Bumaba sya at sumunod nama ako. Naglakad kami papunta sa kung saan at huminto kami sa tapat ng isang malaking gate. Mataas yon hindi kagay ng samin na mababa lang.

Nakita ko agad si Lola na nagdidilig ng halaman.

**"Lola!"** Sigaw ko at lumingon naman sya samin.

Nakangiti nya kaming sinalubong. Kinuha nya yung bag na dala ni Mama. Meron silang pinag-uusapan na hindi ko maintindihan.

**"Aries."** Tawag sakin ni Mama at naupo para pantayan ako. **"Dito ka muna kay Lola mo. Kailangan ko lang alagaan si Jay-jay."**

Tumango ako sa kanya. **"Babalikan mo naman ako kapag magaling na si Jay-jay diba?"**

Tumango din sya. **"Syempre! Babalikan kita."**

Tumayo na sya at hinarap ulit si Lola. Meron pa syang mga sinabi bago tumalikod samin at umalis.

Babalikan naman nya ko kaya hindi ako natatakot.

Ang tagal ni Mama. Sobrang tagal ko na dito pero hindi pa rin ako binabalikan ni Mama. Hindi ko alam kung okay na ba si Jay-jay.

**"Bakit ang tagal ni Mama?"** Tanung ko sa katabi kong nagbabasa ng kung ano.

Tita ko daw sya sabi ni Lola pero lagi nya kong inaaway.

**"Ewan ko. Hindi kami close ng Nanay mo para malaman ko."** Sagot nya sakin.

Lagi nalang ganyan sagot nya sakin. Naiinis na ko sa kanya. Bigla nalang humangin ng malakas at dahil tabi kami ng bintana naka-pwesto nilipad lahat ng buhok nya papunta sakin.

Ang baho ng buhok nya.

**"Yung buhok mo!"** Sigaw ko sa kanya.

**"Lasapin mo."**

Naiinis na talaga ako kaya naman hinatak ko ng malakas ang buhok nya. Kita ko ang pagkabigla nya at unti-unting nagdilim ang muka nya.

Mabilis na dumapo ang dalawang daliri nya sa balat ko at buong lakas na kinurot ako. Napasigaw ako sa sobrang sakit.

**"Lola!"** Sigaw ko at kasunod ng pag-iyak.

**"Lara! Pina-iyak mo na naman yan!"** Galit na tawag ni Lola sa Tita ko.

**"Salbahe yung apo nyo!"** Sagot nya at lumayo sakin.

Magsusumbong pa sana ako ng makarinig kami ng pagbusina ng sasakyan. Sumilip ako sa bintana at isang magandang kotse ang nasa tapat ng gate.

Kita ko yung ibang Tita at Tito ko na natataranta sa pagbukas ng gate. Lahat sila nakangiti para merong inaabangan sa loob ng sasakyan.

Ng huminto ang kotse, bumukas ang pinto non at isang babae ang bumaba. Maganda sya at parang pamilyar sakin.

**"Tita! Sino yon?"** Tanong ko sa Tita kong parang laging may kagalit.

**"Bakit hindi mo sya tanungin?"**

Wala talaga akong makukuhang sagot sa kanya. Lagi nalang syang ganyan magsalita. Akala ko nung una magkakasundo kami pero salbahe sya sa bata.

Hindi nagtagal pumasok na sya sa bahay at meron syang kasunod na bata.

**"Eto pang isang peste."** Dinig kong bulong ni Tita.

**"Lara! Kamusta? Dalaga ka na! Kamusta ang pag-aaral?"** Nakangiting tanung nya kay Tita.

**"Tanong mo sa principal namin."** Sagot nya sabay talikod at naglakad papasok ng kwarto.

Susunod sana ako sa kanya pero natigilan ako ng tignan ako batang bagong dating at nung babae. Halatang hindi nya ko kilala pero kahit ganun ngumiti pa rin sya sakin.

**"Hello..."** Sabi nya at lumapit sakin. **"...kamusta? Anong pangalan mo?"**

**"A-aries po."**

**"Anak yan ni Jeana."** Sabi nung isang Tita ko na nasa likod nila.

Agad na nag-iba ang itsura nung babae pero bumalik din yon sa pag-ngiti.

**"Why are you so thin?"** Sabi nung Batang bagong dating. **"...I can easily break your bones."**

Wala akong naintindihan sa sinabi nya.

**"Angelo. Don't talk to him like that."** Sabi nung babaeng kaharap ko.

Tumingin ulit sya sakin at ngumiti. **"Ako ang Tita Gema mo. Kapatid ko ang Mama mo."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

OceanofPDF.com

# Chapter 241

**A/N:** Ang lagay kayo lang pwedeng extra sa story ko. Dapat ako din.

Thank you Marcus Ken Sandoval & Tristan Lee Saavedra

Tropa ni Eatmore2behappy
Ang
Mutya ng
Section E
(THE DARK SIDE)

Thank you din jayjhing


PicCOLLAGE
ANG
MUTYA
ng
SECTION E
THE DARK SIDE
by: eatmore2behappy

Thank you PrincessEla0209


Ang Mutya ng Section E
(The Dark Side)
by: eatmore2behappy
BABY CENTAUR



# Ang Mutya ng Section E
## (The Dark Side)

by: eatmore2behappy



# Ang Mutya ng Section E
# (The Dark Side)

eatmore2behappy

***Aries's's POV***

***ContinuationOfFlashback...***

Pinsan ko pala yung batang kasama nya. Angelo ang pangalan at dahil mas matanda sya sakin kaya dapat ko daw syang galangin at sundin.

**"Get me a glass of water."** Sabi ni Kuya Angelo na hindi ko naintindihan.

Tinignan ko sya na puno ng pagtataka. **"Ha?"**

Pinagtaasan nya ko ng isang kilay. **"Kuha mo ko ng tubig."**

Tatayo na sana ko para sundin sya ng biglang may lumipad na libro papunta sa muka nya.

**"Ugh!"** Sigaw nya habang hawak ang muka.

Tinignan ko kung saan galing yon at nakita ko si Tita Lara malapit samin.

**"Hoy! Kung sa inyo Boss ka dito hindi."** Sabi nya habang dinuduro si Kuya Angelo. **"...Umayos ka! May kalalagyan ka sakin."**

Tinignan sya ng masama ni Kuya. **"Why? It hurts!"**

**"Pa-english-english ka pa! Nasa Pinas ka! Tagalog!"**

**"Why did you hit me?"**

**"Because I like hitting-hitting you! You do not english me! I'm better english person!"** Sigaw ni Tita habang dinuduro sa muka si Kuya.

Wala akong naiintindihan sa pinag-uusapan nila. Alam ko lang nabiktima na ng malupit na kamay ni Tita si Kuya. Isa na rin sya sa mga kagaya kong takot sa kanya.

**"Anung nangyayari?"** Tanong ni Tita Gema habang palapit samin.

**"Mom! She hit me with this!"** Sabi ni Kuya at patakbong lumapit sa Mama nya habang hawak ang libro'ng tumama sa kanya.

**"Lara..."** Sita ni Lola na kasunod lang ni Tita Gema. **"...lahat nalang ng pamangkin mo, ginaganyan mo."**

**"Grabe naman sa lahat. Meron pa naman akong hindi nasasaktan."** Sagot ni Tita habang nakapamulsa. **"...may pamangkin pa ko na nasa Ospital diba? Hindi ko pa naman nakikita yon."**

Si Jay-jay ang tinutukoy nya. Nasa ospital pa pala sya. Kaya pala hindi pa ko sinusundo ni Mama.

**"Sinong nasa ospital?"** Tanong ni Tita Gema.

**"Edi yung kapatid nitong unggoy na to."** Sabay turo sakin.

Hinarap ni Tita Gema si Lola at meron silang pinag-usapan na hindi ko naintindihan. Hinihimas parin ni Kuya ang muka dahil sa sakit na nakuha nya. Nangungulangot naman si Tita Lara sabay pitik sa daliri.

Naalala ko si Jay-jay. Gusto ko na syang makita. Sana gumaling na sya.

Dito rin tumira sila Tita Gema at Kuya Angelo. Pero sandali lang daw sila dito dahil babalik din sa kanila. Dumalaw lang daw sila.

Habang andito sila, palagi akong binibigyan ni Kuya ng laruan. Minsan pumunpunta pa sya sa tinatawag nilang Mall para ibili ako. Pati lumang damit nya sakin din nya binibigay.

**"Hoy!"** Tawag sakin ni Tita Lara.

**"Bakit?"**

**"Ang panget mo."** Sabi nya at nagtatawa.

Tumalikod nalang ako at pinatong ang dalawang siko sa tuhod habang ang dalawang kamay kay pang-suporta sa baba ko. Naupo si Tita sa tabi ko at pinagmasdan ako.

**"Hoy!"** Tawag ulit nya.

**"Bakit na naman?"** Sagot ko ng hindi tumitingin sa kanya.

**"Kapag inaya ka nila Angelo na sumama sa kanila. Sasama ka ba?"**

Sasama ba ko? Sabi ni Kuya mas marami daw syang laruan don. Meron din syang biskleta na pwede kong hiramin. Sabi din nya na marami syang ibibigay sakin.

**"Oo, basta babalik din kami agad kasi baka sunduin na ko ni Mama."**

Nagbuntong hininga si Tita. **"Panu kung walang balikan. Sasama ka pa rin ba?"**

Umiling ako. **"Hindi pwede. Babalikan ako ni Mama dito. Baka hindi nya ko makita kapag umalis ako."**

**"Hindi ka na babalikan ng Mama mo."** Sabi nya na kinatakot ko.
**"...nung isang araw pa nailabas ng ospital si Jay-jay. Si Ate Gema ang nagbayad ng hospital bill nila."**

**"Edi susunduin na nya ko! Baka inaayos lang nya bahay."**

**"Sabi ng Nanay mo, nahihirapan na daw sya kaya sabi ni Ate, kukuhanin ka nalang daw nya."**

**"Hindi totoo yan!"** Sigaw ko kasunod ng pag-iyak. **"...Nililoko mo lang ako!"**

**"Totoo yon."** Sabi nya.

Pinaghahampas ko sya sa braso pero parang walang naging talab yon. Nakatingin lang sya sakin.

**"Nagpapaiyak ng bata. Ang tanda mo na para dyan."** Biglang sabi ni Kuya na harap lang namin.

Tinignan sya ng masama ni Tita. **"Oo naman. Gusto mo paiyakin kita?"**

Bigla nalang tumakbo si Tita kaya napatakbo na rin si Kuya. Panay ang sigaw nya ng *tulong, help* at *Sos.*

Hindi ako naniniwala sa kanya. Lagi naman nya kong pinapaiyak kaya alam kong inaasar lang nya ko. Minabuti kong puntahan si Lola para itanong kung nakalabas na nga ng Ospital si Jay-jay.

*Gusto ko na din syang makita.*

Nasa likod bahay sila kung nasan ang labahan ng damit. Kinukuha nila ni Tita Gema ang mga sampay.

**"Lola..."** Tawag ko at nilingon naman nya ko sandali.

Nginitian ako ni Tita Gema at lumapit sakin. Bahagya syang yumuko para magpantay kami.

**"Kamusta? Akala ko naglalaro kayo ng Kuya Angelo mo."**

**"Si Tita Lara na po ang kalaro nya."**

Bigla nalang tumigil si Lola sa ginagawa at tumingin sa pinang-galingan mo.

**"Puntahan ko muna baka wala ng buhay si Angelo."** Sabi ni Lola at mabilis na pinuntahan sila Kuya.

Hinarap ulit ako ni Tita. **"Meron akong sasabihin sayo."**

**"Anu po yun?"**

**"Gusto mo mag-aral diba?"**

Tumango naman ako biglang sagot.

**"...pag-aaralin kita."** Buong galak nyang sabi.

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti. Gusto ko talaga yon. Makakapag-aral na ko.

**"Talaga po?"**

**"Oo. At dun ka mag-aaral sa dating school ni Kuya mo."**

Nawala ang mga ngiti ko. **"S-saan po yon?"**

**"Malapit dun samin."**

Ibig sabihin ba non, sasama nga talaga ako sa kanila? Totoo yung sinabi ni Tita Lara? Sa kanila na ko titira dahil ayaw na sakin ni Mama.

**"Sabi ni Tita Lara sakin, kukuhanin nyo na daw po ako at hindi na ibabalik dito. Totoo po ba yon?"**

Unti-unti'ng nawala ang mga ngiti nya. Binuhat nya ko at pina-upo sa ibaba ng lamesa kung saan nakalagay ang mga damit na tinutupi nya kanina.

**"Kasi Aries... Kailangang mabantayan ng mabuti si Jay-jay. Sakitin kasi sya at kailangang matutukan."** Huminga sya ng malalim. **"...kaya**

**sasama ka muna samin. Dun ka muna tapos kapag okay na yung kapatid mo, ihahatid ka na namin sa inyo."**

Umiling ako. **"Ayoko po. Gusto ko kasama si Jay-jay. Ako mag-aalaga sa kanya."**

Ngumiti sya sakin at hinawakan ako sa kamay. **"Mapag-mahal kang Kuya pero sa tingin mo ba matutuwa si Jay-jay kapag nalaman nya na hindi ka nag-aaral dahil inaalagaan mo sya."**

Napayuko ako. Alam ni Jay-jay na gusto'ng-gusto ko ng mag-aral. Lagi kong sinasabi sa kanya na ituturo ko sa kanya ang mga matutu-tunan ko sa school.

**"Hindi po."**

**"O, kaya mag-aral ka muna. Magkikita naman kayo tuwing bakasyon."**

Hindi ko alam ang isasagot ko. Ayoko talagang mapalayo kay Jay-jay. Panu kung kailangan ng magtarbaho ni Mama, sino makakasama nya. Sino magpapakain sa kanya?

Ayoko talaga.

Nasa kwarto ako ni Kuya Angelo ng marinig ko si Lola at Tita Gema na nag-uusap. Tungkol sakin ang pinag-uusapan nila kaya hindi ko mapigilan na hindi makinig.

**"Wala hong birth certificate yung bata."** Sabi ni Tita.

**"Panu'ng wala? Aries Fernandez ang buong pangalan nya sabi ni Jeana."** Sagot ni Lola.

**"Si Jay-jay lang po ang naka-rehistro."**

**"Ay bakit naman ganun? Panu ma-e-enroll sa school si Aries?"**

**"Papa-late register nalang po siguro."**

Hindi ko maintindihan kung anu yung birth certificate at rehistro. Pero kung anu man yon, bakit wala ako non? Bakit parang si Jay-jay lang ang meron?

Malapit ng umalis sila Tita Gema. Uuwi na daw sila sa kanila. Sabi nila sasama daw ako pero ayoko talaga.

Alam kong babalikan ako ni Mama. Hindi nga ako nagkamali dahil nakita ko sya na papasok sa gate ng bahay nila Lola.

**"Mama!"** Buong galak kong tawag sa kanya.

Tumakbo ako para salubungin sya at yakapin.

**"Mama! Susunduin mo na ko? Uuwi na tayo?"** Tanung ko pero nakatingin lang sya sakin.

**"Nasaan ang Tita Gema mo?"**

Humiwalay ako ng yakap at tinuro ang bahay. Naglakad sya papunta don na parang hindi ako nakita. Sumunod naman ako sa kanya.

Nakita ko si Tita Lara na nasa pinto at naka-pamulsa. Masama ang tingin nya kay Mama.

**"Si Gema."** Sabi ni Mama sa kanya.

**"Sa loob."** Walang ganang sagot ni Tita.

Pumasok si Mama at hinanap ang pakay nya. Susunod sana ako pero hinawakan ako ni Tita sa ulo para pigilan.

**"Dito ka lang. Usapang matanda yan."**

Inalis ko ang kamay nya sa ulo ko. **"Sabi ko sayo, susunduin ako ni Mama. Uuwi na kami."**

Hindi na sya nagsalita pero may kakaiba sa tingin nya. Hindi ko alam kung ano yon pero parang hindi sya naniniwala sa sinabi ko.

Hindi nagtagal nakarinig kami ng sigawan sa loob ng bahay. Pati ibang nakatira sa bahay napatingin don. Boses ni Mama yung naririnig ko at susundan naman ng boses ng isa ko pang Tita.

**"Ipa-ampon mo nalang yang anak mo kay Gema! Tutal wala ka namang saysay na Ina!"**

**"Jenny! Wag ka maki-alam sa kanila!"** Boses ni Lola.

**"Bakit ba marunong ka pa sakin? Anak ko yan! Alam ko makakabuti dyan!"**

**"Hinaan nyo ang boses nyo baka marinig kayo ng mga Bata."** Tita Gema.

Sandaling nawala ang sigawan hangang sa biglang lumabas si Mama. Galit na galit na naman sya at sakin ang punta nya.

Naupo sya para magka-pantay kami. Nakita ko ang pagpatak ng luha nya galing sa isang mata. Pinunasan nya yon agad.

**"Aries... Makinig ka."** Sabi nya at hinawakan ang muka ko. **"...dun ka muna kila Tita Gema mo. Pag-aaralin ka nya. Papakainin. Bibigyan ng laruan at damit..."** Huminga sya ng malalim. **"...Dun ka muna sa kanila."**

Umiling ako. **"Ayoko. Gusto ko kasama si Jay-jay."**

**"Hindi pa pwede. Pangako ko babalikan kita sa kanya. Babawiin kita."**

Hindi ko na napigilan ang hindi maiyak. **"Ayoko! Yan din sabi mo non. Hindi ko naman ako sinundo para umuwi!"**

**"Kasi kailangan kong alagaan si Jay-jay."**

**"Sya lang kasi mahal mo! Siguro ipapamigay mo na ko kasi ayaw mo sakin! Hindi mo ko mahal!"**

**"Aries! Hindi ganun yon. Bata ka pa kasi kaya hindi mo maiintindihan."**

**"Hindi! Sinungaling ka! Ipapamigay mo na ko!"**

Yayakapin sana nya ko pero mabilis akong lumayo at nagtago sa likod ni Tita Lara. Ayaw nya sakin kaya ibinibigay nya ko kay Tita Gema.

Si Jay-jay nalang lagi ang mahalaga sa kanya.

Naka-ayos na lahat ng gamit. Hinihintay nalang si Kuya Angelo tapos aalis na kami. Dun na ko titira sa kanila.

**"Hoy! Unggoy!"** Tawag sakin ni Tita Lara pero hindi ko sya tinitignan.

Nakatingin lang ako sa lupa. Hindi ko na makikita sila Mama at Jay-jay.

**"Lungkot mo naman! Dapat nga matuwa ka eh!"**

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. **"Bakit naman?"**

**"Kasi mawawala ka na sa paningin ko!"** Sabi nya at tumawa.

Maganda nga yon, tutal salbahe sya sa bata. Lahat nalang kami sinasaktan nya. Pati ibang pinsan ko na dumadalaw din dito, inaaway nya.

**"Aries."** Tawag sakin ni Tita Gema habang palapit. **"...okay ka lang? Malapit na tayo umalis."**

Umiling ako bilang sagot. **"Hindi ako nakapag-paalam kay Jay-jay. Baka hanapin nya ko."**

**"Magkikita pa naman kayo sa bakasyon."**

**"Sige po."** Ang tanging nasagot ko.

Lumabas ng bahay si Kuya Angelo dala ang bag nya.  Tinignan nya ko sandali bago humarap kay Tita Gema.

**"Let's go?"**

Nag-nod naman si Tita sa kanya at nagpaalam na sila kila Lola. Panay ang sabi nila na magiging masaya ako don kahit hindi naman ganun ang nararamdaman ko.

Sumakay na kami sa kotse at ng umandar yon, pakiramdam ko hindi ako handa. Katabi ko si Kuya Angelo at panay ang tingin nya sakin.

**"Magiging okay din ang lahat."** Sabi nya sakin at ginulo ang buhok.

Totoo ang sinabi ni Tita Gema o mas tamang sabihin na Mama. Inayos na nila ang birth certificate ko para legal na nya kong ma-adopt. Dinagdagan din nila Michael ang pangalan ko para isunod kay Kuya.

Simula ng lumipat ako sa kanila naging maayos ang buhay ko. May sarili akong kwarto at meron na merong banyo. Marami akong damit, laruan at libro.

Tuwing bakasyon umuuwi ako kila Lola tapos ay pupuntahan ko si Jay-jay sa bagong bahay na nilipatan nila. Hindi kalayuan sa dating bahay namin.

Dala ang bike ko na pinamana pa sakin ni Kuya Angelo pupuntahan ko si Jay-jay. Agad ko syang nakita sa daan at wala na naman syang tsinelas.

**"Aries!"** Tawag nya sakin habang kumakaway.

Buo na nyang nababanggit ang pangalan ko. Nakakatuwa pero nalulungkot din ako.

**"...sya pinsan ko."** Sabi nya sa mga kalaro nya. **"...sasama muna ako sa kanya."**

*Pinsan*.

Hindi ko alam kung bakit yon ang pagkaka-kilala nya sakin. Alam kong tatlong taon pa lang sya nung iwan ko pero hindi ko naman naisip na ganun kabilis nyang makakalimutan kung ano nya ko.

Pinilit kong alisin ang bagay na yon sa isip ko. Ngumiti ako sandali at seryoso syang tinignan.

**"Wala ka na namang tsinelas! Where is it?"** Inis na tanong ko.

Taka nya kong tinignan. **"Ano ulit? Nag-english ka ba?"**

**"Tsinelas mo! Nasan?!"**

Nagkamot sya ng batok. **"Hinagis nila sa bubong."**

Pinag-taasan ko sya ng kilay. **"Sila? O ikaw?"**

Painosenteng ngumiti sya sakin. **"Pareho."**

Marahas kong kinamot ang ulo ko bago sya senyasan na sumakay sa bike. Pina-andar ko yon at nagawa pa nyang kumaway sa mga kalaro.

Puro lalaki ang kalaro nya. Hindi na ko magtataka kung bakit parang kilos lalaki sya. Bukod don nakikipag-away din sya sa kanila.

Habang umaandar kami, sinasalubong kami ng hangin kaya panay ang lipad ng buhok nya. Aksidente akong napatingin sa batok nya at isang kakaibang kulay ubeng marka ang nakita ko. Pati sa likod ng tenga nya meron din. Pati ang ilang parte ng braso nya.

Hininto ko ang bike na pinagtaka nya.

**"Ano? Bakit tayo huminto?"** Tanong nya.

**"Napano to?"** Tanong ko at hinawakan ang braso nya.

**"Aahhh... Masakit!"** Sigaw nya at binawi ang braso nya. **"Wala yan! Wag mo pansinin."**

**"Saan mo nakuha yan?"**

Umiling sya at pilit iniwas ang paningin sakin. Hindi maganda ang kutob ko. Nung huling pagkikita namin, galos at sugat naman ang napuna ko. Alam kong hindi nya nakuha yon sa simpleng pakikipag-away lang.

**"Sinasaktan ka ba ng stepfather mo?"** Walang pagda-dalawang isip na tanong ko.

Bigla nalang syang bumaba ng bike. Nakatalikod sya sakin.

**"Uuwi na ko. Bukas nalang tayo mag-laro."** Sabi nya at tumakbo palayo.

Susundan ko sana sya pero baka magalit sakin ang stepfather nya. Nag-asawa na kasi ang Mama nya.

*Mama nya.*

Hindi ko alam kung dapat ko pa rin ba syang ituring na Ina. Puro masasakit na ala-ala lang ang naiisip ko kapag sinusubukan ko syang tawaging *Mama*.

Pinili ko nalang umuwi kila Lola. Si Jay-jay lang naman ang dahilan kung bakit ako nagpunta dito.

Habang mabilis na pinapa-andar ang bike ko napansin ko ang kotseng sinasabayan ako. Nagpa-ubaya na ko sa pagtabi sa gilid ng daan pero nakasabay pa rin sya sakin.

Huminto ako at ganun din sya. Inis kong tinignan ang kotse. Hindi nagtagal bumukas ang bintana non. Isang lalaking naka-shade ang ngumiti sakin.

**"Ikaw ba si Aries?"** Tanong nya.

Hindi ako sumagot. Tinignan ko syang mabuti at sa hindi ko maintindihan na dahilan, bumilis ang tibok ng puso ko. Tinalikuran ko sya at binilisan ang pagpidal. Lumiko din ako sa isang eskinita para masiguro na hindi sya makakasunod.

Huminto ako bago makalabas sa eskenita at makabalik sa main road. Tinignan ko ang likod ko. Habol ang hininga ko dahil sa ginawa ko.

Kakaiba ang pakiramdam ko dahil sa lalaking yon.

Hindi mawala sa isip ko ang lalaking yon. Ang masama pa, nakikita ko rin sya sa labas ng school namin. Kagaya ngayon habang hinihintay ko si Kuya na sunduin ako.

Nasa hindi kalayuan ang kotse nya. Bukas ang bintana at lumalabas ang usok ng sigarilyong hinihithit nya.

**"Aries!"** Tawag ni Kuya sakin habang tumatakbo. **"...Sorry I'm late. Let's go."**

Agad akong sumunod sa kanya. May pagkakataon na nililingon ang kotse pero hindi naman ito umaalis sa pwesto.

Sino kaya sya? Bakit ba panay ang sunod nya sakin.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 242

**A/N:** Happy New Year! Mahaba-haba itong flashback ni Aries. Medyo nanga-ngawit na rin ako. Hahahahahahaha.... Sumisikat na ang mga Anak ko! Naiiyak me sa tuwa. 😢😢😢

Happy Birthday kay Kate de Villa

Ang thank you for this!

# PERALTA TITANS

# MARIANO
# SQUAD

# HANAMITCHI
# CLAN

WATSON
ARMY

## Happy Family

***Aries's POV***

***ContinuationOfFlashback...***

**"Pre tule ka na ba?"** Tanong ni Percy na nagpa-ngiwi sakin.

Narinig ko ang malakas na tawanan nila Yuri at Keifer.

**"What the hell?!"** Ang tanging nasagot ko sa kanya.

**"Seriously Percy? Anung pumasok dyan sa isip mo?"** Natatawang tanong ni Yuri.

**"Mas matanda ako sa inyo, dapat ako mas matangkad."** Sagot nya at pinagkumpara ang height naming dalawa.

Sya kasi ang pinaka-maliit samin samantalang si Keifer naman ang mas malaki. Medyo may daya nga dahil kung tutuusin sya ang pinaka-bata samin.

Dalawang taon ang pagitan ng edad nila, isa naman sakin at buwan naman ang kay Yuri. Lumalabas talaga na sya ang pinaka-bata.

**"Kulang ka siguro sa tulog."** Pang-aasar ni Yuri.

**"Baka supot."** Gatong ni Keifer.

**"Tara... Gupitin na natin para tumangkad ka."** Aya ko at mabilis naman nyang tinakpan ang ibaba.

Malakas ang naging tawanan namin. Ewan ko ba kung bakit nya pino-problema yon, samantalang nasa grade school palang kami.

**"Sige. Ganyanin nyo ko. Ako man pinaka-maliit sa inyo. Ako naman ang may pinaka-malaking—."** Hindi na nya natuloy ang sasabihin nya ng ibaba ni Keifer ang short at brief nya.

Kamot batok syang napa-iwas ng tingin. Sa ikalawang pagkakataon, natalo ulit sya ni Keifer. Malakas ang naging tawanan namin.

Gusto ko sanang ipakilala si Jay-jay sa kanila. Kayalang hindi naman nila alam na ampon ako at may kapatid ako sa tunay kong ina. Pwede ko ngang sabihin na pinsan ko sya pero magtataka sila kung bakit sobrang lapit ko sa kanya.

Lalu na si Keifer na mahusay sa paghihinala. Pakiramdam ata nya lahat ng tao sa paligid nya niloloko sya. Ayoko din syang ipakilala kay Percy dahil baka kung anung sabihin at ituro nya. Wala naman akong problema kay Yuri.

**"Mukang kailangan ko ng umuwi. Late na at baka magalit si *Hahaoya*."** Sabi ni Yuri.

**"Anung *Hahaoya*?"** Tanung ni Percy.

**"That's Mother in Nihonggo."**

Nag-nod naman sya at bigla nalang lumapit sakin.

**"Pustahan, Mama's boy yan si Yuri."** Bulong nya sakin.

**"Narinig kita."** Sabi ni Yuri at tinignan sya ng masama.

Napailing nalang ako habang natatawa. Kanya-kanya na kami ng uwi pagkatapos magpaalam sa isa't-isa. Si Keifer ang pinaka-malayo ang bahay. Nasa tagong lugar kasi ang palasyo nila.

*Palasyo yon, dahil sa sobrang laki.*

Si Yuri naman ang sunod dahil nasa business district ang bahay nila. Sa tuktok ng sarili nilang Hotel.

Si Percy naman ay sa isang private subdivision. Ratired US Army ang Papa nya na piniling manirahan dito dahil nag-asawa na ng bago.

Sa isang karaniwang subdivision naman ang bahay namin. Nung unang beses ako makarating don, natulala ako sa laki ng mga bahay. Hindi ko alam na meron pa palang mas malaki sa mga iyon.

Pagdating ko sa bahay, bukas lahat ng ilaw. Ibig sabihin, gising pa sila at lagot na naman ako kay Kuya. Dahan-dahan akong pumasok sa pinto at nakita ko si Mama na may kausap sa telepeno.

**"Sige po. Uuwi na kami dyan."** Nag-aalalang sabi nya.

Natigilan ako habang pinag-mamasdan sya. Sa hindi ko maintindihan na dahilan, si Jay-jay ang unang pumasok sa isip ko.

**"Saan ka galing?"** Maotoridad na tanong ni Kuya. **"...Pumunta ka sa kwarto mo at kumuha ng gamit. Uuwi tayo ngayon kila Lola."**

**"May nangyari ba?"**

Si Mama ang sumagot ng tanong ko. **"Nawawala ang kapatid mo."**

Hindi ko maintindihan. Ang daming tao sa harap ng bahay nila Lola. Meron ding silang kausap na pulis.

**"Ay matagal ng sinasaktan ang batang yon. Lahat ng lalaking iuwi ni Jeana, pinagbubuhatan sila ng kamay."** Sabi ng isang matanda sa pulis na kaharap.

**"Nagkaka-ingay sila pagkatapos sumigaw ng malakas yung bata."** Sabi naman ng isang babae sa isa pang pulis.

**"Basta bigla nalang tumakbo yung bata puro dugo yung katawan. Sira pa yung damit tsaka walang saplot sa paa."** Dagdag naman ng isang lalaki.

Nawawala si Jay-jay. Nasa prisinto si Mama at patay na daw ang huling kinasama nya na dahilan ng lahat ng kaguluhan na to.

Pakiramdam ko wala akong kwentang kapatid sa kanya. Hindi ko man lang napansin na meron syang pinagdadaanan. Dapat noon pa ko nagsalita tungkol sa mga sugat at pasa nya sa katawan.

**"Hoy! Unggoy!"** Tawag sakin ng kung sino.

Hindi ko sya nilingon. Wala ako sa mood na kausapin sya. Lalakad na sana ako paalis ng batakin nya ko sa kwelyo ng damit ko sa batok.

**"Sumama ka sakin."** Sabi nya ng hindi ako tinitignan.

Nilagpasan namin ang kumpol ng mga tao at pulis sa labas. Malalaki ang bawat hakbang nya kaya halos madapa ako.

**"Anu ba?! Bitawan mo ko!"**

**"Teka! Aarkila tayo sasakyan!"** Sabi nya at pumara ng parating na tricycle. **"...Sakay!"** Sabi nya at tinulak ako papasok.

**"Saan ba tayo pupunta?"**

Hindi nya sinagot. Hinarap nya yung driver ng tricycle.

**"Pre... Dun nga sa bahay ng kapatid ko."**

Sigurado akong sa bahay nila Jay-jay ang tinutukoy nya. Wala akong naging kibo sa buong byahe namin hangang sa huminto kami sa tapat ng bahay na merong dilaw na police line.

Bumaba si Tita at ganun din ako.

**"Aano tayo dito?"** Tanong ko.

**"Hahanapin natin si Jay-jay."** Sabi nya nakapamaywang pa.

Nangunot ang noo ko. Pulis nga hindi sya mahanap, kami pa kaya. Minsan hindi rin nag-iisip to eh.

Tinignan nya yung paligid sandali at hinarap yung driver ng tricycle.

**"Pre... Saan nga ulit tumakbo yung bata?"**

Tinuro ng driver yung pinanggalingan namin.

**"Baka binalak nyang pumunta kila Nanay."** Si Lola ang tinutukoy nya.

Napapakamot ako sa ulo. Pakiramdam talaga nya ang talino nyang tao. Binatak na naman nya ko sa kwelyo ng damit at pilit pinasakay sa tricycle.

Pakiramdam ko magkakasakit ako sa tiyahin ko na to.

Lahat nalang ata ng kalapit na barangay at bayan napuntahan na namin. Muntik pa kaming mapa-away dahil sa ingay ng bunganga nitong kasama ko.

Madilim na ang langit ng maisipan naming kumain ng miryenda. Buti nalang at may dala akong pera. Nakakahiya dito sa Tita kong ang lakas ng loob umarkela ng tricycle wala naman pa lang pambayad.

Nasa plaza kami ngayon at nakaupo sa plant box na basura ata ang tanim at hindi halaman. Wala talaga akong gana kumain kayalang malakas talaga ang trip nitong kasama ko. Balak pa ata akong salaksakin ng stick sa lalamunan.

**"Kainin mo yan! Kumain ka!"** Sabi nya at pilit pinakain sakin ang fishball sa stick.

Napangiwi nalang ako sa kabrutalan nya. Wala talaga syang awa. Minsan iniisip ko kung pakawala ba sya ng kadiliman.

**"Nasan na kaya ang batang yon?"** Wala sa sariling sabi nya.
**"...Malamang natatakot na yon at namamalipit sa pag-iyak."**

Kung totoo nga ang sinabi nya na binalak ni Jay-jay na pumunta kila Lola bakit hindi sya nakarating? Hindi kaya—hindi! Wag naman sana.

Napatingin kami sa grupo ng mga batang naghahabulan. Ang dudumi nila at nalalapit na sa pagiging taong grasa.

**"Hindi kaya naging taong grasa na si Jay-jay?"** Sabi ni Tita at napatingin ako sa kanya.

Lahat ng posibleng mangyari kay Jay-jay nabanggit na nya kanina. Ngayon naman ang pagiging taong grasa. Nalamutak ko nalang ang muka ko sa inis.

Narinig ko ang pagtunog ng cellphone nya. Tinignan nya yon at nagpipindot.

**"Tara na... Hinahanap ka na ni Kuya mong tukmol."**

*Tukmol?*

Tumayo na sya at ganun na din ako. Binabaybay namin ang bangketa ng mapatingin ako sa kabilang daan. Merong bata na naka-upo sa tabi ng basurahan, tulala at hindi gumagalaw.

Pinagmasdan ko yon at ganun nalang ang gulat at tuwa ko ng makilala ko sya.

**"SI JAY-JAY!"** Sigaw ko habang nakaturo sa kabilang daan.

Tumawid ako ng hindi hinihintay si Tita. Sunod-sunod ang busina ng sasakyan dahil sa ginawa ko.

Paglapit ko, niyakap ko agad sya.

**"Jay! Anung nangyari sayo? Kung saan-saan ka namin hinanap!"** Sabi pero hindi man lang sya gumagalaw.

Nanatili syang nakatulala at nakatingin sa kung saan.

**"ARIES! SIRA ULO MO!"** Galit na sigaw ni Tita habang palapit sakin. **"PAPAKAMATAY KA BA?"**

Tumigil sya sa harapan namin at pinagmasdan ang katabi ko.

**"Si Jay-jay! Nakita ko na sya!"** Sabi ko.

Kinuha ni Tita ang cellphone nya sa bulsa at tinawagan ang kung sino sa bahay.

**"It's clearly a sign of Traumatic disorder. Dissociative amnesia can sometimes experience by the victim."** Sabi ng doctor kay Lola.

Lahat kami ay nabigla ng sabihin nyang hindi nya maalala ang nangyari. Nagbigay din ng pangalan si Lola pero hindi rin nya kilala.

Pero mukang normal lang naman yon sabi ng Doctor.

**"Hanggang kelan po sya ganyan?"**

**"Dipende po sa patient pero suggested ko po na dalin ang bata sa child psychology para sa treatment ng trauma."**

Sandali pa silang nag-usap tungkol sa mga pwedeng gawin. Pinili kong puntahan si Jay-jay sa loob ng kwarto. Kasalukuyan syang naka-upo at merong inaabot sa likod.

**"Anung ginagawa mo?"** Tanong ko sa kanya.

**"Anu tong ginamot nila sa likod ko?"**

Meron syang malaking sugat sa likod. Gawa daw yon ng Amahin nya. Pinaso ng mainit na plantsa.

**"M-meron kang sugat."**

Pilit nyang inaabot ang likod. **"Saan ako nasugat? Bakit hindi ko alam?"**

Lumapit ako at kinuha ang kamay nya. Pati yun puro gasgas at pasa. Maswerte lang talaga sya at nakayanan pa ng murang katawan nya ang lahat.

**"Maalala mo din. Magpahinga ka muna para mabilis kang makalabas ng ospital."**

Nakasimangot syang humiga patagilid.

**"Nasan si Mama?"** Tanung nya na nagpatigil sakin.

Ang totoo, hindi ko din alam kung nasan sya. Simula ng umuwi kami dito hindi ko pa sya nakikita. Ang huli ko lang balita sa kanya ay yung nasa presinto sya.

**"Hindi ko alam. Baka papunta na dito. Sasabihin ko kay Mama na tawagan sya."**

**"Sige. Salamat."** Sagot nya at ipinikit ang mga mata.

Kung nasan man sya sana nga pumunta sya dito at kamustahin si Jay-jay.

Dahil sa nangyaring insidente, kila Lola na tumira si Jay-jay. Sya na ang mag-aalaga sa kanya para masiguro na matututukan ang kalagayan nya. Sana lang maging maayos sya don, nag-alala pa rin ako sa kanya. Idagdag pang kasama nya yung Tita naming galit ata sa mundo.

**"Ang tahimik mo. Nata-tae ka no?"** Tanung ni Percy na nagpa-ngiwi sakin.

*Here we go again.*

**"No."** Diretsong sagot ko.

**"Nahiya ka pa. Sabihin mo na. Satin-satin lang naman yan eh."**

**"Hindi nga. Kulit!"**

**"Okay lang yan, ihahanap kita ng pu-pwestuhan."** Nakangiting sabi nya at tumingin sa paligid.

Napasampal ko nalang ang noo ko. Kapag talaga sya ang nagsalita, madalas sumasakit ang ulo ko.

**"Anu'ng hinahanap nyan?"** Tanong ni Yuri habang nakasakay sa bike nya.

**"Hinahanap nya yung utak nya."** Walang buhay na sagot ko.

**"I thought you're out of town."** Si Keifer na kakarating lang din.

**"Kakauwi lang namin."**

**"Kamusta yung pinsan mo. Anu nga pangalan non?—Jason? Jay-ar?"** Tanung ni Yuri.

**"Jay-jay."**

**"Boy or a girl?"** Si Keifer na parang interesado talaga.

Napataas ang isang kilay ko. Mabilis syang magka-interest kapag babae. Wala akong planong ipakilala sya sa kanya.

**"Basta!—"** hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglang pagsulpot ni Percy sa harap namin.

**"Naihanap na kita. Tatabunan mo nalang pagkatapos."** Sabi nya.

**"Ha?"** Sabay-sabay na sagot naming tatlo.

**"Diba nata-tae ka?"** Tanong nya sakin.

Napailing nalang ako sabay talikod. Sumunod naman sakin yun tatlo. Marami kaming pinag-usapan pero madalas tungkol kay Keifer at sa pamilya nya.

Nagkaroon na din ng lakas ng loob ang Mama nya na iwan ang Papa nya. Ang tindi din ng dinanas nila. Pero mas matindi pa rin yung kay Jay-jay.

**"Hindi nga pala ako sasama sa inyo next week."** Sabi ko.

**"Bakit Pre?!"** Gulat na sabi ni Percy. **"...Hindi pwede! May usapan tayo sa araw na yon!"**

*Oo nga pala.*

Balak ko pa naman na umuwi kila Lola. Mas madalas ko sana syang dadalawin para masiguro na ayos sya. Sa susunod nalang siguro, atleast once a month mabisita ko sya. Tapos uuwi ako sa bakasyon.

**"Ano?! Hindi ka pwede mawala don."** Pagpipilit ni Percy.

**"Oo na. Sasama na."**

Hindi nasunod ang plano ko. Hindi ko nadalaw si Jay-jay at may dalawang bakasyon na ang dumaan na hindi ako umuwi kila Lola.

Kapag talaga kasama ko ang tatlong to, nakakalimutan ko yung mga dapat kong gawin. Pati mga assignments at projects ko sa school. Buti pa si Yuri, hindi kawalan sa kanya kung makalimutan nyang gawin yun. Mabilis syang nakakabawi sa mga quizzes at exams.

**"Have you seen Percy?"** Bungad sakin ni Keifer paglabas ko ng room.

**"Hindi. Bakit?"**

**"Lukong yon, ayaw ipakilala sakin yung Freya."**

Napataas ang isang kilay ko. *Freya Hidalgo?* Mukang alam ko na kung nasan sya.

**"Tara sa court."** Aya ko at sumunod naman sya.

Hindi kalayuan ang court sa room namin. Medyo malapit na kami ng makita ko si Percy na nakikigulo sa mga kalalakihan. Parang meron syang sinisilip kagaya ng iba.

**"Percy!"** Tawag ko at tumingin naman sya sa gawi namin.

Para syang nataranta at hindi malaman ang gagawin.

**"What are you do—hey!"** Sigaw ni Keifer ng itulak nya kami palayo.

**"Kain tayo miryenda sa labas. Libre ko! Asan na ba si Yuri?"** Sabi nya at pilit kaming pinapalayo sa court.

Bakit ba parang ayaw nyang ipakita samin yung tinitignan nya? Alam ko naman si Freya yun. Sayang, hindi ko pa naman sya nakikita. Gusto ko din sana syang makilala.

**"Saan ka mag-highschool?"** Tanung ni Yuri sakin.

**"Sa pinasukan ni Kuya."**

**"Alin don? Marami'ng pinasukan ang Kuya mo."** Nakatawang sabi nya.

Natawa din ako. Palipat-lipat ng school si Kuya. Lagi kasing napapa-away at pilit inaayos ni Mama ang buhay nya. Sayang lang naman effort nya.

Kinailangan naming umuwi kila Lola. Napag-alaman namin na umuuwi pala si Kuya don ng hindi namin alam. Sya daw kasi ang pinapa-punta ni Lola sa school para harapin ang mga kinasangkutang gulo ni Jay-jay.

Nabigla ako ng aminin nya samin ang mga ginagawa ni Jay-jay. Minsan ng nakarating sakin na nakikipag-away sya pero hindi ko alam na umabot sa ganitong sitwasyon.

Naka-upo sya sa sofa habang nakataas ang tuhod kapantay ng muka nya. Nakayuko at parang walang kausap sa harap nya.

**"Nakikinig ka ba?!"** Galit na tanong ni Kuya.

Hindi sya sumasagot. Napatingin sya sakin sandali at bumalik sa pagyuko.

**"Kababae mong tao, nakikipag-suntukan ka! Nag-iisip ka ba?"** Dagdag ni Kuya.

Kung tutuusin, halos pareho lang kami ni Jay-jay ng sitwasyon. Sangkot sa iba't-ibang away pero pinag-kaiba namin, meron akong tatlong kasama sa kalokohan.

**"Pagpahingahin mo muna siguro ang bata."** Sabi ni Mama.

Hindi pa nakakapag-salita si Kuya ng biglang tumayo si Jay-jay. Dire-diretso syang naglakad papunta sa labas.

**"Hindi pa ko tapos! Get back here!"** Galit na sigaw ni Kuya.

Binalak pa nyang sundan si Jay pero hinarang kagad sya ni Mama.

**"Hayaan mo muna!"**

**"Ako nalang susunod sa kanya."** Sabi ko at hinayaan naman nila ko.

Akala ko nung una sa daan sya nagpunta pero nakita ko syang dumiretso sa likod kung saan may malaking puno.

**"Jay!"** Tawag ko sa kanya pero hindi nya ko pinansin. **"...Jay!"**

Lumingon sya na may salubong na kilay pero agad ding umiwas.

**"Himala, umuwi ka dito?"** Sarcastic na tanong nya.

Ang daming nagbago sa kanya pero may isang bagay na nanatili. Kilos lalaki pa rin sya kahit babae'ng-babae ang itsura nya.

**"Galit ka ba sakin?"**

**"Hindi. May dahilan ba ko para magalit sayo."**

Mali ang tanong ko. Halata namang may galit sya sakin. Dahil siguro yun sa huling usap namin at sa hindi ko pagdalaw sa kanya nitong mga nakaraan.

Napatingin ako sa bola ng basket ball sa sulok. Kinuha ko yun at nag-dribble.

**"Tara... Laro tayo."** Aya ko.

Mabilis syang humarap sakin at inirapan ako. **"Hindi na tayo bata para maglaro. Ikaw ang nagsabi nyan sakin tapos ngayon makikipag-laro ka. Joke ba yan?"**

*I think I remember it now.*

Yun yung huling usap namin na niyaya nya kong maglaro sa labas. Wala talaga ako sa mood kaya ganun ang nasabi ko sa kanya. But i didn't mean it.

**"Ahh yun ba? Anu—."**

**"Libre mo nalang siguro ako."** Putol nya sa sasabihin ko.

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. Nakatingin sya sa ibang direksyon pero naiintindihan ko naman. Binitiwan ko ang bola at dumukot sa bulsa ko ng pera.

**"Tara...."**

Para makabawi kay Jay-jay pinili ko nalang na dito mag-celebrate ng birthday. Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti. Akala nya kasi 13th birthday ko palang. Hindi nga pala nya alam na tinama na ang birthday ko. Pang-14th ko na ngayon.

Mamaya ko nalang siguro sasabihin sa kanya yon.

**"May tanong ako sayo."** Sabi nya habang kumakain. **"...may kapatid daw akong lalaki. Totoo ba yon?"**

Natigilan ako at unti-unti'ng napatingin sa kanya. Hangang ngayon hindi pa rin malinaw sa kanya kung ano nya ko. Hindi ko mapigilan na hindi malungkot.

*Ako yung kapatid mo.*

**"Totoo nga?"** Tanong ulit nya.

**"O-oo... Mas matanda sya sayo."**

**"Kala ko kambal kami. Ikaw pa naman yung nasa isip ko."** Sagot nya at pinagpatuloy ang pagkain.

*Pero ako talaga yon.*

**["*Pre! Bakit hindi ka dito mag-celebrate?!*"]** Sigaw ni Percy mula sa kabilang linya.

**"Wag ka sumigaw."**

**["*Pero bakit?! Ayos na ang celebration! Planado na! Iinom tayo!*"]**

**"Baka minor pa tayo."**

**["*Sige na! Ang hina ko naman sayo! Tapos diba marunong ka na mag-drive?*"]**

Napabuntong hininga ako. Mukang alam ko na ang balak nila. Minsan na naming tinakas ang kotse ni Kuya pero si Yuri lang ang kasama ko non. Mukang naikwento na sa kanya yung ginawa namin.

**"Wala pa kong license."**

**["*Ayos lang yan. Pag-uwi mo, tawag ka kagad sakin.*"]**

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Basta nalang pinatay ang tawag ng luko. Pagbaba ng telepono, napatingin ako sa bintana. Nasa gate si Jay-jay at parang may kausap na lalaki.

Lumabas ako at lumapit sa kanya. Mabilis na nagsalubong ang kilay ko ng makita ko kung sino sya. Hindi ako pwedeng magkamali—sya yung sumusunod sakin na naka-kotse.

**"Jay-jay!"** Tawag ko pero bago pa man sya makaharap sakin tinakpan na ng kausap nyang lalaki ang bibig nya sabay bitbit sa kanya. **"Bitiwan mo sya!"**

Sinubukan kong lumaban at tulungan si Jay pero isang lalaki pa ang bumitbit sakin na parang laruan. Pilit nila kaming pinasakay sa isang Ban.

**"Sino kayo?!"** Sigaw ni Jay-jay pagpasok namin sa sasakyan.

**"Ano bang kailangan nyo?!"** Tanong ko.

Umandar ang sasakyan ng wala man lang kaming nakukuhang sagot. Hindi ko maintindihan. Sino ba talaga ang lalaking to? Bakit ba lagi nalang syang sumusunod sakin?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 243

**A/N:** Pinapahirapan pa rin ako ng Astigmatism ko. Kahit panonood ng TV nahihilo ako. Hindi rin ako makaharap ng maayos sa phone.

Unsatisfied talaga ako sa part ni Aries. Parang may kulang. Sa mga naghahanap kay Keifer, busy! Hahahahahahahaha... Malapit na. Kaunting tiis.

Connection is too slow. No dedication for this and next chapters.

**Basement**

***Aries's POV***

***ContinuationOfFlashback...***

**"Aries..."** Pabulong na tawag sakin ni Jay-jay.

Dinilat ko ang mga mata ko pero sobrang dilim at wala akong makita. Malamig ang likod ko at dun ko lang napagtanto na nakahiga ako sa sahig. Unti-unti akong bumangon.

**"Jay... Asan ka?"**

May humawak sakin sa braso. **"Aries."**

Alam kong sya yon. Kinuha ko ang kamay nya at hinatak sya palapit sakin. Niyakap ko sya ng mahigpit.

**"Nasan tayo?"** Nanginginig ang boses nya. **"Saan tayo dinala nung mga lalaki?"**

Wala na kong masyadong maalala sa nangyari. Dahil sa pagwawala ko kanina pinatulog nila ko gamit ang panyo na may kakaibang amoy. Hindi ko nga lang alam kung anong ginawa nila kay Jay-jay.

**"Sinaktan ka ba nila?"**

**"H-hindi..."**

Natatakot ako. Natatakot ako sa mangyayari samin. Ramdam ko din na ganun si Jay pero pilit nyang tinitibayan ang sarili.

Sobrang tahimik at tanging paghinga lang namin ang naririnig ko. Idagdag pa ang malakas ng tibok ng puso ko. Para akong mawawala sa sarili dahil sa lugar na to.

**"May bintana."** Sabi ni Jay-jay.

Tinignan ko ang tinuro nya. Meron ngang maliit na bintana pero masyadong mataas. Halos nakadikit na sa kisame.

Dahil din sa bintana na yon kaya may pumasok na liwanag sa loob. Umaga na at don lang din naging malinaw kung nasan kami.

Kamuka ito ng basement namin sa bahay. Tambak ang mga gamit, merong sofa set na mukang matanda pa sakin. May mga kahon ng damit at kung anong gamit. Whole body mirror at lumang tv na mukang hindi naman gumagana.

**"Abot mo ba?"** Tanong nya sakin.

Sinubukan kong sumampa sa mga kahon para abutin pero nakarinig kami ng maingay na bakal. Sinundan yon ng yabag at tunog ng susi.

Dali-dali akong bumaba at lumapit kay Jay. Tinago ko sya sa likod ko at hinintay yung kung sino mang papasok sa loob.

Bumukas ang pinto at bumungad sakin ang lalaking sumusunod sakin. Meron syang dalang tray na puno ng pagkain at isang galon ng tubig.

**"Pagkain nyo."** Sabi nya bago isara ang pinto sa likod nya.

Nilapag nya yon sa ibabaw ng lumang coffee table at naupo sya sa sofa sabay taas ng paa. Pasimple nyang tinuro yung tabi nya para paupuin kami.

**"Upo na... Kumain na kayo."** Walang gana nyang sabi.

**"Sino ka ba?"** Tanong ko.

Bahagya syang ngumiti at pasimpleng tinuro ang salamin. Hindi ko maintindihan. Anung meron sa salamin?

**"Bakit hindi mo tignan?"** Sabi nya.

Nagtinginan kami ni Jay-jay pero bago pa man ako makahakbang meron na syang binulong na nagpatigil sakin.

**"Magkamuka kayo."**

Malakas at mabilis ang naging tibok ng puso ko. May kung anung mga bagay ang umiikot sa utak ko at lahat ng yon tumuturo sa lalaking to.

*Posible kayang.....hindi!*

**"Aries."** Tawag nya sakin at tumayo. **"...Magkapangalan tayo."**

Napaatras ako at ganun din si Jay. Lumipat sya ng pwesto at humakbang palapit sakin.

**"Sineryoso talaga ng Nanay mo yung sinabi nya. Hindi talaga nya ko pinakilala sayo."**

Napalunok ako ng unti-unti syang magseryoso at lumipat ang tingin nya kay Jay-jay na nasa likod ko.

Pilit ko syang tinago sa likod ko na bahagya naman nyang ikinatawa.

**"Babalik ako dito, pakabusog kayo."** Sabi nya at tumalikod samin.

Lumabas sya ng pinto at narinig ko na naman yung tunog ng mga susi. Kasunod ang tunog ng bakal na tumama sa pader.

Hindi ko maiwasan na hindi manlambot. Ni minsan hindi ako naghanap ng Ama dahil buong akala ko patay na sya.

Araw ang lumipas pero andito pa rin kami ni Jay-jay. Hindi ko alam kung gumagawa na ba ng paraan sila Mama para mahanap kami.

**"Tigilan mo na yan."** Sabi ko kay Jay-jay.

Lahat na yata ng tambak na kahon nabuksan na nya. Ginamit lahat ng pwedeng gamitin para basagin yung maliit na bintana at para mabuksan ang pinto. Namaos na rin ang boses namin kakasigaw ng tulong.

*But nothing happens. We're still stock here.*

**"Jay! Nagkakalat ka lang."**

Napatingin ako sa kanya ng hindi na sya sumasagot. Kumpol-kumpol na kahon ang tangi kong nakita pero wala sya.

**"Jay?"**

Tumayo ako mula sa sahig at lumapit sa kaninang pwesto nya.

**"Jay? Ano ba-?"** Napatigil ako ng makita sya sa loob ng malaking kahon.

Nakatulog na pala sya kaya pala hindi sya sumasagot. Nakabalot sa kanya ang ilang damit bilang kumot. Kanina pa naman kasi sya nagkakalat kaya siguro napagod na.

Lagi kong sinasabi na makaka-uwi din kami pero parang hindi naman yun yung mangyayari. Ayokong mawalan ng pag-asa.

Habang pinag-mamasdan si Jay bigla nalang akong nagkaroon ng ideya. Mabilis kong inayos yung mga kahon at binalik yung mga kinalat nya. Binalik ko din sa pagkaka-ayos ang lahat.

Sana lang gumana to!

Kagaya ng inaasahan ko, nagdala na naman sya ng pagkain. Tinakpan ko ang bibig ni Jay para masiguro na hindi sya gagawa ng ingay.

Pagbukas ng pinto, ilang yabag ng paa ang narinig ko.

**"Mga bata! Kakain na!"** Tawag nya samin na parang nagtatawag ng anak sa lansangan.

Sumipol pa sya at bahagyang naglakad-lakad. Narinig ko din na binuksan nya yung pinto ng maliit na banyo. Narinig ko na naman ang mga hakbang palapit sa pwesto namin. Pati ang pagtabig sa ilang kahon at unti-unti bumibilis yon.

**"Putang'na! Nakatakas pa yata!"** Sigaw nya at nagtatakbo paalis.

Hindi ko narinig na sinara nya yung pinto kaya agad akong lumabas kasunod si Jay-jay. Kagaya ng inaasahan ko, iisipin nya na nakatakas kami.

**"Tingin mo... umalis na sya?"** Tanung sakin ni Jay.

Nag-nod ako bilang sagot kahit sa totoo lang hindi ako sigurado. Naglakad ako papunta sa pinto at sumilip sa labas non. Sementadong hagdan ang bumungad sakin.

**"Mauuna ako."** Sabi ko sabay hakbang sa baitang.

Dahan-dahan ang bawat kilos ko at ng makarating sa pinaka-taas, bakal na pinto naman ang nakita ko-mukang eto yung bakal na naririnig namin tuwing dadalhan nya kami ng pagkain.

Nakabukas din yon. Sumilip muna ako at ng masiguro na walang tao sa paligid sinenyasan ko si Jay na lumapit pero mukang hindi na kailangan dahil paglingon ko nasa likod ko na sya.

**"Sorry, hindi na ko nakapag-hintay."** Sabi nya sabay ngiti.

Dahan-dahan kaming lumakad palabas. Malawak na hallway ang kinalalagyan namin. Wala akong naririnig na kahit ano kaya malakas ang loob ko na maglakad ng maglakad. Sumilip ako sa pinakamalapit na bintana.

**"Asan tayo?"** Bulong sakin ni Jay.

Umiling ako. **"Hindi ko alam."**

Malawak na taniman ng tubo lang ang nakikita ko. Kung hindi ako nagkakamali nasa loob kami ng malaking bahay at pinagkulungan samin ay basement.

Lumingon ako sa paligid. Hindi ako sigurado sa pupuntahan namin. Hindi ako makapag-isip ng maayos. Ang bilis ng tibok ng puso ko at para akong mababaliw sa bawat oras na tumatagal kami dito.

Pagkakataon na naming makatakas pero ngayon pa ko hindi nakapag-isip ng maayos. Natataranta ako.

*Mag-isip ka Aries!*

**"Aries... m-may para....parating."** Nanginginig na sabi ni Jay.

Mas lalu akong nataranta. Tumingin ako sa paligid na pwedeng pagtaguan pero puro pader lang ang nakita ko. *Damn it!* Wala akong choice kundi tumakbo papunta sa kung saan. Hatak-hatak ko si Jay at hindi binibitawan.

Lumiko kami sa pwedeng likuan, umakyat sa hagdan at pumasok sa kung saang silid. Hindi ko na alam kung nasan kami. Habol ang hininga napilitan akong huminto. Umiikot ang paningin ko dala ng pagod at gutom.

**"Aries! May pintuan!"** Buong galak na sabi nya habang nakaturo sa hindi kalayuan na pinto.

Walang dalawang isip na tumakbo ako palapit don pero bago ko pa mahawakan ang doorknob, napabitaw sakin si Jay. Nilingon ko sya at napahinto ako. Nakita nya kami!

Hawak si Jay at may nakatutok na kutsilyo sa leeg. Galit na galit sya habang nakatingin sakin.

**"Hanap ako ng hanap sa inyo!"**

Malakas na sampal ang nagpatumba sakin. Namanhid ang muka ko at nahirapang kumilos.

**"Mautak kang bata ka! Pero hindi mo ko malalamangan!"** Galit na sabi nya. **"...handang magbayad ng malaki ang umampon sayo, kaya bakit kita papakawalan?"**

Yun lang ang lahat ng ito? Pera? Inilayo nya kami sa pamilya namin para sa pera? Para saan pa't nagpakilala sya sakin kung yun lang naman pala talaga ang target nya.

**"At ikaw!"** Tukoy nya kay Jay na nasa likuran nya hawak ng isa pang lalaki. **"...ikaw ang pagbabayarin ko sa kalokohan ng Nanay nyo sakin!"** Dagdag nya at sinabunutan si Jay.

**"Bitiwan mo ko!"** Sigaw nya.

**"B-bitiwan mo sya!"** Sigaw ko habang pilit tumatayo.

Narinig ko ang pagtawa nya. **"Hahayaan ko kayo ngayon. Kapag nakuha ko na ang pera hindi na kayo ulit magkakasama pa, kaya sulitin nyo na!"**

Pabato nyang tinulak si Jay papunta sakin. Nasalo ko sya pero sabay din kaming bumagsak dahil sa panghihina. Ngumiti sya ng mala-demonyo sakin bago tuluyang umalis kasama ng isa pang lalaki.

Naging tahimik kami sa pag-alis nila pero hindi nagtagal narinig ko ang paghikbi ni Jay. Umiiyak sya at hindi ko na rin napigilan ang hindi maiyak dahil sa sitwasyon namin.

Napakahina ko, hindi ko man lang mapagtanggol si Jay-jay. Ako ang Kuya nya ako dapat ang masasandalan nya pero ako ang unang sumuko saming dalawa.

*Wala akong kwenta.*

**"G-gusto ko ng u-umuwi."** Sabi nya.

Yun din ang gusto ko pero hindi ko alam kung panu.

**"Sorry."** Ang tanging nasabi ko.

**"Walang mababago ang sorry mo."**

Natigilan ako sa sinabi nya. Unti-unti akong bumangon at tinignan sya na puno ng pagtataka.

**"Alam kong masama ang loob mo pero wag ka namang magsalita ng ganyan."**

Bumangon sya at tinignan ako ng masama. **"Anung gusto mong sabihin ko? 'Magiging okay din ang lahat' kahit hindi naman talaga, yun ba?"** Pinunasan nya ang mga luha. **"...paulit-ulit ko nalang naririnig yan pero hindi naman talaga nagiging okay ang lahat!"**

**"Gusto mo talagang marinig ang totoo? Oh sige! 'HINDI TAYO MAGIGING OKAY!' Yan! Masaya ka na?!"**

Hindi ko alam kung ilang oras na kong gising pero hindi ako mapakali. Kakaiba ang pakiramdam ko. Natatakot na ko noon pa pero mas natatakot ako ngayon sa hindi ko alam na dahilan. Humihigpit din ang paghinga ko kahit wala namang sumasakal sakin.

Madilim na at tanging ang liwanag na tumatagos sa bintana ang liwanag namin. Merong bumbilya sa kisame pero mukang nasa labas ang switch non.

Mahimbing ang tulog ni Jay sa tabi ko. Naiinggit ako sa kanya dahil nagagawa pa nyang matulog sa kabila ng sitwasyon namin. Hindi pa nya ko kinakausap matapos ang huling away namin.

Gusto ko ng maka-alis dito. Panu kung totoo nga na paghihiwalayin nya kami? Anu ng mangyayari samin non? Kay Jay-jay?

Narinig ko ang bukas ng bakal na pinto mula sa labas. Alam kong parating sya kaya agad kong ginising si Jay.

**"Anu ba?!"** Inis na sagot nya sakin at tinalikuran ako.

**"Jay! Bumangon-."** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaang pagbukas ng pinto.

Meron syang dalang posas at panyo. Mabilis ang bawat hakbang nya palapit sakin kaya napatayo ako at napasandal sa pader sa likod ko. Tulog pa rin si Jay at parang walang naririnig.

**"Oras na... malaki ang binayad sakin ng Angelo na yon."** Nakangiting sabi nya.

Ako lang ang ibabalik nya? Panu na si Jay? Hindi sya pwedeng maiwan dito.

**"Hindi! Ayoko! Hindi ko iiwan si Jay dito!"** Sigaw ko sa kanya.

Bigla nalang nyang hinawakan sa braso at pilit hinatak palayo kay Jay. Sinusubukan nyang ikabit sakin yung posas. Nagpumiglas ako ng nagpumiglas.

**"Bitiwan mo ko!"**

**"Wag ka na lumaban!"**

**"Hindi ayoko!"**

Hindi ko na napigilan ng isuot nya ang posas sa isang kamay ko. Nataranta ako at napasigaw.

**"Shit! Jay-jay!"**

**"Tumahimik ka!"** Sabi nya at tinangkang takpan ang bibig ko.

**"No!"**

Pareho kaming natigilan ng makarinig kami ng busina ng sasakyan. Tumingin sya sa pinto at parang natakot.

Nakuha ko agad na hindi nya inaasahan ang busina ng sasakyan na yon. Pwedeng hindi galing sa mga kasama nya yon.

*May ibang tao!*

**"Help! Somebody help us!"**

**"Tumahimik ka sabi!"**

**"Kuya Angelo! Mama!"**

**"Bwisit ka!"** Galit na sabi nya at sinampal ako.

**"Jay! Wake up please!"**

Hindi ko na ininda ang sakit. Mas mahalaga sakin na makaligtas sa lalaking to. Inabot nya ang isang kamay ko para ikabit ang isang bahagi ng posas pero bigla nalang may tumulak sa kanya palayo sakin. Hindi malakas pero sapat para magkahiwalay kami.

**"Anu'ng ginagawa mo kay Aries?!"** Galit na tanong ni Jay-jay.

Akala ko hindi na sya babangon. Kailangan kong maka-isip ng paraan para hindi sya maiwan dito.

Dinuro nya si Jay. **"Wag ka maki-alam!"**

Bago pa ulit sya makalapit sakin tinulak na naman sya ni Jay pero hindi sapat yon. Hinawakan nya sya braso at parang laruan na tinulak sa kung saan.

**"Jay-jay!"** Sigaw ko at lumapit sa kanya.

Hindi ko pa man sya nakikita ng maayos, hinatak na ko ng halimaw palayo. Pilit ulit nyang sinusuot ang posas sa isang kamay ko.

**"Bitiwan mo si Aries!"**

*Jay-jay!*

Dinamba nya kami at pilit hinatak ang kamay ko palayo sa posas. Panay din ang hampas nya sa kamay ng isa. Kinuha ko ang pagkakataon para lumaban. Sinipa ko sya kung saan-saan na ini-inda naman nya.

**"Ano ba?! Tumigil kang bata ka!"**

**"Bitiwan mo sabi si Aries!"**

**"Bitiwan mo ko! Hindi ako aalis ng hindi kasama si Jay!"**

May kung anung pumasok sa isip ko at sinipa sya sa pag-aari nya. Napaluhod sya sa sakit pero nakahawak pa rin samin. Walang sinayang na oras si Jay at kinagat ang braso nya. Naging mas malakas ang pagsigaw nya dahil sa doble ng sakit.

Nakabitaw ako pero hindi si Jay-jay at sa bilis ng pangyayari tanging pagkurap nalang ng mata ang nagawa ko. Sinampal nya ng buong lakas si Jay at tumilapon malapit sa pinto. Kitang kong tumama ang ulo nya pero hindi ko alam kung napuruhan sya.

**"JAY!"** Sigaw ko at akmang lalapit pero kusa din syang bumangon.

Hawak nya ang ulo nya na humarap sakin. May umaagos na dugo don at hindi maganda ang itsura nya.

Hindi na ko nagdalawang isip na lapitan sya. Tinignan nya ang kamay nya at bigla nalang syang nanginig sa takot.

**"A-ang daming d-dugo!"**

Kinuha ko sa sahig  yung panyong dala nung halimaw na dapat ay gagamitin sakin. Pinantakip ko yon sa sugat nya sa ulo.

**"Wag ka m-matakot... Gagamutin natin yan."** Sabi ko at tumingin sa paligid.

Namamalipit pa rin sa sakit ang halimaw. Magandang pagkakataon sana para maka-alis kami pero natataranta ako sa nangyayari. Kailangan patigilin ang pagdurugo ng sugat nya.

Naging sagabal ang posas sa kamay ko kaya inuna kong tanggalin yon. Hindi ganun kahigpit kaya nailusot ko ang kamay ko ng walang kahirap-hirap. Iniwan ko yon sa tabi ni Jay.

Tumayo ako lumapit sa mga kahon. Nagbabakasakali na may magamit ako para sa sugat. Halos maibato ko na ang lahat ng gamit pero wala pa rin akong makita. Nasabunutan ko na ang sarili ko.

*Anung gagawin ko? Baka mapano si Jay.*

**"Hoy bata."** Tawag sakin nung halimaw habang dahan-dahang tumatayo.

Hinanda ko na ang sarili ko para labanan sya. Hindi na ko magpapakain sa takot. Kailangan kong protektahan ang kapatid ko. Napatingin ako sa likod nya ng makita kong tumayo si Jay. Hawak ang posas sa kanang kamay nya.

Mukang napansin nung halimaw ang tinitignan ko kaya tinignan din nya at saktong paglingon nya ang ang pagtama ng posas sa panga nya. Sinuntok sya ni Jay habang suot ang posas sa kamao na parang brass knuckles.

Bumagsak sya kasabay ng pag-agos ng dugo nya mula sa panga at leeg. Nalaslas ang balat nya dahil sa posas. Napa-atras ako. May mali!

*Bakit ganito si Jay?*

Halo-halo ang emosyon nya. Galit sya pero andun pa rin ang takot at parang walang buhay ang mga mata nya.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanya. **"J-jay?"**

Lumipat sakin ang tingin nya. Hindi ko maintindihan ang nangyayari sa kanya. Kanina lang hindi sya makagalaw dahil sa mga dugo na galing sa kanya pero ngayon parang wala syang ini-inda. Hahakbang pa sana ako ulit palapit ng marinig ko ang halimaw na magsalita.

**"H-hayop kang b-bata ka."**

Pinipilit nyang tumayo. Tuloy-tuloy ang labas ng dugo sa panga nya. Namumutla na sya at parang anu mang oras babagsak na.

Nakarinig kami ng tunog ng serine. Alam kong sa police galing ang mga yon at mukang nasa malapit lang sila. Binalik ko ang tingin ko sa halimaw at gumagapang na sya palayo.

Hinarap ko ulit si Jay pero laking gulat ko ng atakihin nya ko gamit ang posas. Napa-atras ako at nakaiwas pero nawalan ako ng balanse. Napaupo ako sa sahig.

**"Jay! Anu ka ba?!"**

Umiiyak sya at parang merong kinatatakutan. Napaatras ako ng unti-unti syang humakbang palapit sakin. Mabilis nyang tinaas ang kamao para suntukin ulit ako pero naka-ilag ako at tumama yon sa salamin na nasa likod ko pala.

Nabasag ang salamin at mabilis na nagbagasakan ang piraso non. Nabitawan nya ang posas at may nakita akong dugo sa kamao nya. Mukang nasaktan sya.

**"Jay. Anu bang...."**

Meron syang binubulong pero hindi ko marinig ng maayos. May mga salita syang sinasabi pero hindi ko mabuo.

**"S-sasaktan...."** ang isa sa sinabi nya.

Napaluhod sya habang hawak ang kamay na may dugo.

**"W-wag..."** bulong ulit nya.

**"Jay."**

Sinubukan kong lumapit sa kanya pero naging mabilis ang kamay nya na dumampot ng piraso ng salamin. Walang pagdadalawang isip na isa-saksak nya sakin yon. Naisangga ko ang braso kaya don tumama yon.

**"Argh!"** Sigaw ko ng maramdaman ang hapdi.

**"Sasaktan mo din ako. Lahat kayo."** Sabi nya habang umiiyak.

**"H-hindi. Hindi ko gagawin yon."** Halos nagmaka-awa na ang tinig ko sa kanya.

Humakbang na naman sya palapit sakin. Hindi na ko maka-atras. Muli na naman nya kong inundayan ng saksak. Hindi ko na nagawang salagin pa. Tumama yon sa ibaba ng kaliwang dibdib ko.

Malakas ang naging pagsigaw ko. Hinawakan ko ang braso ni Jay para pigilan sya pero naramdaman ko ang pagbaon pa lalo ng hawak nya sa laman ko.

**"JAY! WAG!"**

*Parang pinupunit ang balat at laman ko.*

Hindi ko na kakayanin pa kaya kahit labag sa loob ko sinipa ko sya palayo sakin. Ramdam kong nabunot ang piraso ng salamin sa laman ko. Masakit! Sobra!

Pero hindi lang yon ang nararamdaman ko. Humihigpit ang paghinga ko at may nalalasan na rin akong dugo sa bibig ko.

**"J-jay! Ano b-bang nangyayari sayo?! H-hindi mo ba k-ko nakikilala?"**

Umiiyak sya at mahigpit ang hawak sa piraso ng salamin. Unti-unti syang tumingin sakin. Akala ko titigil na sya pero tinaas na naman nya ang kamay nya para saksakin ako.

**"Jay-jay! Ako to! WAAAGGG!"**

Hindi ko na nagawang salagin pa kaya naramdaman ko na naman ang pagbaon non sa laman ko.

Luma-labo na ang paningin ko. Hindi na ko makahinga at makagalaw. Hangang dito nalang yata ako.

*Bakit mo ginawa sakin to Jay?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 244

**A/N:** Tinatamad talaga ako kapg mga Flashback. Hahahaha lalo na kapg hindi si Jay-jay.

***Aries's POV***

**Cousins for reason**

***ContinuationOfFlashback...***

May naririnig ako. Paulit-ulit na beep sound, tapos may kasunod na tunog ng hangin. Unti-unti kong dinilat ang mata ko pero ang labo ng nakikita ko. Sobrang labo!

**"He's awake."** Dinig kong sabi ng isang babae.

Sinubukan kong igalaw ang tingin ko sa ibang direksyon. Malabo pero may nakikita akong gumagalaw at meron ding liwanag.

Sinubukan kong ibuka ang bibig ko para magsalita pero tuyot ang lalamunan ko. Hindi ako makagalaw ng maayos at kumikirot din ang buong dibdib ko.

**"Check the vitals."** Sabi ng isang boses lalaki.

Hindi nagtagal, kusa ding nag-adjust ang paningin ko. Naiintindihan ko na. Buhay pa ko at nasa ospital ako. Hindi nagtagal bumalik din sakin ang mga nangyari. Kung bakit ako nasa ospital at kung bakit nahihirapan ako.

*Binalak ako'ng patayin ni Jay!*

**"Successful ang operation, patient is clearly showing a good sign."** Sabi ng doctor kay Kuya Angelo.

Hinawakan ko ang parte ng ribs ko—kung saan tumama ang panaksak nya. Parang bangungot yon. Halo-halo ang nararamdaman ko.

**"May problema ba Aries?"** Tanong ni Mama.

Umiling ako. **"When can I go home?"**

**"A week or two from now. Dipende kung makakatayo ka na agad."** Sagot ng doctor.

Gusto ko ng lumabas. Kakaiba ang pakiramdam ko sa lugar na to. Ayoko'ng nagtatagal sa ospital. Napatingin kaming lahat sa pinto ng may marinig kaming kumatok. Kusang bumukas yon at pumasok sila Percy, Yuri at Keifer.

Meron silang dalang cake, ice cream at lobo. Nagpaalam na yung doctor at lumabas. Sumunod naman si Kuya sa kanya.

**"Hello Tita!"** Buong galak na bati ni Percy kay Mama.

**"Hello din. Salamat sa pagpunta."** Sagot ni Mama sa kanya.

**"Pasensya na Tita kung eto lang nadala namin. Hindi kasi namin alam ang mga dapat dalin."** Sabi ni Yuri habang binaba ang cake sa lamesa malapit samin.

**"Okay lang, mukang kayo lang naman ang kakain nyan. Bawal pa kasing kumain si Aries."** Paliwanag ni Mama at lahat naman sila tumingin sakin.

**"Kawawa ka naman Pre... ako nalang ang kakain ng para sayo."** Nakangiting sabi ni Percy. **"...kamusta ba ang bagong tule?"**

Agad syang nakatikim ng batok galing kay Keifer. Napansin siguro nya na ang hindi pagbabago ng ekpresyon ko. Hindi ko magawang ngumiti. Hindi ko kaya!

**"Ayos ka lang?"** Tanong ni Yuri sakin.

Dahan-dahan akong nag-nod. **"I-i just woke up."** *From a nightmare.*

**"I think he need more rest."** Sabi ni Keifer.

**"H-hindi. Okay lang. Mas gusto kong andito kayo."**

**"Edi maganda! Tara! Celebrate na yang birthday na yan! Medyo late nga lang."** si Percy habang binubuksan ang kahon ng cake.

Tinali naman ni Yuri yung mga lobo sa isang bangko pero nag-iwan sya ng isa. Sinindihan ni Keifer yung kandila sa cake.

**" Happy Birthday to you... Happy Birthday to you... Happy Birthday happy birthday... Happy birthday Aries! "** Kanta nila habang nilalapit ang cake sakin.

Nagpatunog pa sila ng torotot at nagpasabog ng confetti. Pinilit kong ngumiti kahit sa totoo lang wala akong nararamdaman na kahit na ano. Namanhid na rin yata ang puso ko.

**"S-salamat."** Sabi ko at hinipan ang kandila.

Saktong pagtaas ng paningin ko, nakita ko si Jay-jay sa may pinto. Meron syang hawak na regalo habang nakasuot ng patient gown. Pero sa pagkurap ng mata ko ang Jay-jay na may hawak ng piraso ng salamin at puro dugo ang nakita ko.

Napaatras ako at kumirot ang sugat ko dahilan para mataranta sila Percy.

**"Pre! Ayos ka lang?"** Tanong nya.

**"Tatawagin ko ang doctor."** Sabi ni Mama at naglakad palabas.

Wala na si Jay ng tignan ko. Unti-unti na rin akong nakahinga ng maayos.

**"O-okay na ko."** Sabi ko at humiga.

Dumating ang doctor at si Mama. Sinuri nila ko sandali pero nakumbinsi ko naman sila na nagkamali ako ng galaw kaya kumirot ang sugat ko.

Pinauwi ko muna si Mama dahil halatang wala pa syang pahinga. Pumayag naman sya dahil naiwan ang tatlo kasama ko.

Tahimik kong ino-obserbahan si Percy at Yuri na nag-aagawan ng ice cream. May pagkakataon na tumitingin ako sa pinto dahil pakiramdam ko, anu mang oras ay papasok na naman si Jay.

**"Sino yon?"** Tanong ni Keifer kaya napatingin ako sa kanya. **"...yung babae kanina sa pinto."**

*Nakita nya si Jay-jay.*

Umiling ako. **"W-wala."**

**"Bakit apektado ka?"** Tanong ulit nya.

**"N-nagulat lang ako."**

Hindi na ulit sya nagtanong pero hindi nya inalis ang tingin sakin na para bang ino-obserbahan ako. Ramdam talaga nya kapag nagsisinungaling sa kanya ang tao.

Hindi ako makatulog. Tuwing ipipikit ko ang mata ko, muka nya ang nakikita ko. Pati ang kamay nyang may dugo hindi rin mawala sa isip ko.

*Tinangka akong patayin ng kapatid ko.*

**"Aries..."** tawag sakin ni Kuya. **"...what's wrong?"**

**"N-nightmares."**

**"You have trauma, expect nightmares almost every night."** Sabi nya at lumapit sa lamesa para kumuha tubig. **"...we can visit a psychiatrist if you want."**

Inabot nya sakin ang baso na sinalinan nya ng tubig. Uminom ako bago sumagot sa kanya.

**"I don't think that's necessary."**

Binalik ko sa kanya ang baso. Binaba nya ulit yon sa lamesa at bumalik sa pwesto nya kanina. Humiga ako ng maayos at sinubukang ipikit ang mga mata ko. Sa tuwing bumabalik sa isip ko ang itsura nya parang humihigpit ang paghinga ko.

**"Ang tahimik. Nata-tae siguro."** Sabi ni Percy.

Akala siguro nya hindi ko alam na ako ang tinutukoy nya. Pasimple ko syang tinignan ng masama.

**"Wag mo asarin. Baka sapakin ka nyan."** Sabi ni Yuri bago uminom sa in can na hawak.

Ngumiti lang naman sakin ang luko bago sumubo ng fries. Naiinggit ako sa kanila dahil pwede na silang kumain pero ako eto soft food pa rin ang pinapakain.

**"Sa totoo lang, hindi ako nabubusog dito sa kinakain natin."** Sabi ni Keifer at binaba ang kahon ng pizza sa lamesa.

*Naubos ang pizza tapos hindi pa sya busog?*

**"Ay hindi talaga nakakabusog ang Pizza."** Gatong naman ni Percy.

**"Kelan ka pwede lumabas ng Ospital?"** Tanong ni Yuri sakin.

**"Next week daw pwede na."**

**"Tagal naman!"** Reklamo ni Percy at humiga sa sofa.

**"Bakit nyo natanong?"**

Umiling si Yuri. **"Nakaka-inip kasi dito."**

**"At nakakagutom."** Dagdag ni Keifer na naghahanap ng pagkain sa lamesa.

**"You can eat outside. I can take care of myself. I'll call a nurse if something happen."**

Mabilis na bumangon si Percy. **"Tara na. Okay na yan si Aries."**

Naglakad na ang luko papunta sa pinto pero bago pa man nya mabuksan pinigilan na sya ni Yuri.

**"Sira ka ba? Aries is a patient we should never leave him here alone."** Iritableng sabi ni Yuri.

**"Don't treat Aries like a Baby."** Mabilis na kontra ni Keifer. **"...He can clearly take care of himself."**

Napabuntong hininga ako. Mukang magta-talo-talo pa sila ng dahil sakin.

**"Sige na. Okay lang ako. Bilisan nyo nalang."** Sabi ko habang tinataboy sila gamit ang kamay ko.

**"Siguro ka ba dyan?"** Tanong ni Yuri.

**"Oo."**

Nag-nod si Yuri at tumayo. **"Babalik nalang kami agad."**

Nag-nod din ako at pinanood silang lumabas ng pinto pero bago pa man magsara ang pinto meron ng pumigil non. Nagsalubong ang kilay ko sa pagtataka.

Unti-unti'ng sumilip ang may gawa. Unti-unti ring sumisikip ang paghinga ko kasabay ng pagkirot ng sugat ko. Uniwas ko ang ulo ko kasabay ng pagpikit ng mata.

**"A-aries..."** tawag nya sakin.

*Hindi ako makahinga.*

Napahawak ako ng mahigpit sa kumot. Hindi ako makagalaw at parang nasa masikip na lugar ako.

**"Kamusta ka na? Sorry ngayon lang ako nakapunta dito. Lagi kasi akong nahihilo."**

Kahit hindi ko tignan alam kong palapit sya sakin. Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Dinilat ko ang mata ko at nakita ko si Jay na nakatingin sakin habang nasa tabi ko.

**"Masama ba pakiramdam mo? Gusto mong tumawag ako ng Doctor."** Tanong nya at mabilis akong umiling.

Napatingin ako sa mga kamay nyang puto benda. May mga marka din ng pasa ang muka nya na alam kong gawa ng kumidnap samin. May bandage din sya sa ulo.

Habang pinagmamasdan sya, dun ko lang napatunayan na hindi ko pala kayang kumalma kapag nasa malapit sya.

**"May bisita ka nga pala no? Nakita ko sila kanina na lumabas."** Nakatingin sya sa mga pinagkainan ng mga kaibigan ko.

Hindi ako makasagot. Ang bilis ng tibok ng puso ko at pakiramdam ko may mangyayaring hindi maganda kung magtatagal pa sya dito.

**"...nga pala..."** Bigla syang sumeryoso. **"...gusto ko sana'ng itanong kung anu na nangyari sa Papa mo. Wala kasi akong masyadong maalala."**

Bigla nalang kumirot ang dibdib ko at napahawak ako. Agad na na-alarma si Jay at tinangkang lumapit sakin pero kusang gumalaw ang braso para itulak sya.

**"Don't!"** Sigaw ko sa kanya. **"Don't touch me."**

**"Aries. Tatawag ako ng Doctor."**

**"No!"**

Tinignan ko sya at sa hindi ko alam na dahilan, pagkamuhi ang naramdaman ko sa kanya.

**"P-please... Jay. Don't come near me. D-don't talk to me, anymore."**

Alam kong mali ang ginawa ko. Hindi ko dapat tinaboy si Jay pero anong magagawa ko. Hindi ko kaya kapag malapit sya sakin.

**"Ang tahimik nyo!"** Sigaw ni Percy na umagaw sa atensyon namin.

Maging sila Keifer at Yuri din kasi ay hindi nagsasalita mula ng magkita-kita kami.

**"I'm bored."** Sagot ni Keifer.

**"I'm tired."** Si Yuri.

**"I'm thinking."** Ako.

**"I'm handsome."** Si Percy.

Halos sabay-sabay kaming napatingin sa kanya kasabay ng pagtaas ng isang kilay. Buti pa sya kaya ng magbiro at ngumiti sa ganitong sitwasyon.

**"Gusto nyong mamasyal?"** Tanong nya. **"...Punta tayong Danger's Hills."**

Malayo ang lugar na yon dito. Yun yung kalsada na maraming naaaksidente dahil sa pa-curve at pababa na daan. Idagdag pang madilim at halos walang masyadong dumadaan. Bangin din ang nasa gilid kaya delikado talaga.

**"We don't have a car."** Sabi ni Keifer.

**"Pre! Ang laki ng minana mo tapos wala ka pa ring kotse?"** Pang-aasar ni Percy at agad naman syang tinignan ng masama ni Keifer.

**"I can buy many cars as I can. Buy I don't have a license to drive them all."**

**"Ang malas nyo naman..."** sagot nya at ngumiti ng nakakaluko. **"...isang taon nalang hihintayin ko pwede na kong kumuha kahit student license."**

**"Antayin mo lisensya namin. Mas maganda pa magiging kotse namin sayo."** Singit ni Yuri.

Halatang hindi magpapatalo ang luko kaya naman nagsalita na ko para matapos ang usapan.

**"Kotse nalang ni Kuya."** Bored na sabi ko.

Sabay-sabay naman silang tumingin sakin at nag-nod. Alam kong wala sa bahay si Kuya pero hindi nya ginamit ang kotse nya.

Bumalik kami sa bahay namin para gawin ang balak. Sumilip muna ko sa pinto para masiguro na walang makaka-kita sakin, pinabuksan ko din kila Percy ang Gate.

Nasa kwarto ni Kuya ang Susi ng kotse. Dahan-dahan akong naglakad papunta don. Hindi nag-lo-lock ng pinto si Kuya dahil ayaw yon ni Mama.

Nakita ko agad ang susi sa study table nya. Mabilis kong kinuha yon at nagmamadaling lumabas papunta sa kotse. Ako ang mag-drive dahil ako pa lang ang marunong sa kanila.

Si Kuya ang nagturo sakin. Pinaandar ko muna ang kotse palabas ng bahay at pinasara ulit sa kanila ang gate. Nang masigurong okay na lahat, nagsi-sakay na sila.

**"Andar na! Andar na!"** Excited na sabi ni Percy na nasa tabi ko.

Nasa likod naman sila Keifer at Yuri. Dahan-dahan lang pagmamaneho ko para hindi agaw pansin sa paningin ng police at baka mahuli kami.

**"Daan tayong convenient store, bili tayong pagkain."** Sabi ni Yuri.

Mabilis namang kaming sumang-ayon. Pinarada ko ang kotse sa pinakamalapit na convenient store. Si Yuri at Percy nalang ang bumili at naiwan nalang kami ni Keifer sa kotse. Naging tahimik kami pareho nung una.

**"Okay ka lang ba?"** Basag nya sa katahimikan.

**"H-ha?"**

**"Simula ng lumabas ka ng ospital, para malaki ang pinagbago mo."**

*Eto na naman sya.*

**"W-wala... Hindi lang maayos tulog ko."**

Hindi na sya nagsalita pero tinignan na naman nya ko ng makahulugan. Umaandar na naman ang pagiging tamang hinala nya.

Bakit ba pinanganak na matalino ang isang to? Matalino sa pagbabasa ng tao. *Weird!*

Napatingin ako sa kabilang daan. Patawid na sila Yuri at Percy. Pareho silang may dalang tig-dalawang plastic. Ang pinagtataka ko lang kung bakit parang ang bigat ng laman ng isang plastic na hawak ni Percy.

Nang makapasok na sila sa kotse agad kong tinignan ang dala nila. Nagsalubong ang kilay ko ng makita kong may beer in can silang binili.

**"Percy... pare-pareho tayong minor."** Paalala ko sa kanya.

Ngumiti sya ng malapad. **"Tayo ngayon batas."**

Nasampal ko nalang ang noo ko. Wala na kong magagawa. Nakabili na sila, hindi nalang siguro ako iinom.

Eto na yon? Eto na yung Danger's Hills na sinasabi nila? Pataas na daan lang naman pala ito na puro curved.

Nasa tuktok kami ngayon ng pinaka-mataas na parte ng burol. Kita'ng-kita namin ang syodad.

**"Bakit ka hindi umiinom?"** Inis na sabi ni Percy.

Si Yuri na ang sumagot para sakin. **"Mag-d-drive pa yan at kalalabas lang ng ospital."**

Tumalikod ako sa kanila at tinignan ulit ang syodad. Parang mga laruan ang mga nakikita ko dahil sa liit.

**"Aries..."** tawag ni Keifer sakin.

Tinignan ko sya at andun na naman ang kakaibang panunuri nya sakin. Tinungga nya ang hawak na beer.

**"...you still haven't tell us what happens to you."**

Umiling ako. **"Maybe next time."**

**"Ngayon na Pre!"** Atat na sabi ni Percy. **"...anung ginawa sayo ng kidnapper mo?"**

**"Typical scenes."**

**"Like the one from the movie?"** Si Yuri.

Lumapit ako sa naupo sa tabi nila. **"Oo."**

Naging tahimik kami. Parang hinihintay nila ang sasabihin ko pero hindi ko pa kayang ikwento sa kanila. Pasimple kong hinawakan ang sugat ko.

Unti-unti ng gumagaling yon pero hindi ang sugat sa loob ko.

*Si Jay-jay.*

**"Nakakatakot yon."** Sabi ni Percy. **"...kailangan ko'ng mag-ingat."**

Taka kaming napatingin sa kanya.

**"Bakit ka naman mag-iingat?"** Sabi ni Yuri.

**"Baka may kumidnap din sakin. Sobrang gwapo ko pa naman. Baka meron na pala akong stalker, hindi ko pa alam."**

Napangiwi kami pare-pareho. Kung merong dapat mag-ingat sa kanila si Keifer yon dahil ang laki ng nag-aabang na mana sa kanya. Mula sa Lolo't Lola nya hangang sa namana nya mula sa Nanay nya.

**"Seryosong usapan mga Pre... kapag may nangyari sakin. Kayo ng bahala sa mga kapatid ko pati kay Freya."**

Pare-pareho kaming sumeryoso at tumingin sa kanya. Nakakatakot kasi ang sinabi nya.

**"Ayoko nga."** Mabilis na sagot ni Keifer.

Tinignan sya ng masama ni Percy. **"Ayan! Ganyanan."**

**"Kapag umoo ako, magpapabaya ka at hahayaan mong may mangyari'ng masama sayo."** Paliwanag nya.

**"Syempre hindi ganun yun!"** Dipensa ni Percy.

**"Walang mangyayari'ng masama sayo, dahil ikaw na mismo yung masama'ng nangyari samin."** Biro ni Yuri at akmang susugurin na sya ni Percy ng huminto sya.

**"Uma-ambon?"** Sabi nya habang nakatingala at nakasahod ang kamay.

Tumingala din ako para pakiramdaman pero ang ambon na inaasahan ay nauwi sa malakas na ulan. Nataranta kaming lahat. Kanya-kanya ng dampot ng pagkain at nagmamadaling pumasok sa loob ng kotse.

**"Bakit umulan?!"** Galit na sigaw ni Keifer.

**"Hindi ka daw kasi naliligo."** Sagot ni Percy at agad syang sinakal nitong isa.

**"Aahhhh... a-aray!"**

**"Tama na yan."** Awat ni Yuri at bumitaw naman si Keifer.

Mas lalo pang lumakas ang ulan. Halos wala na kaming makita sa labas kahit buksan ko ang headlights ng kotse.

**"Mamaya na tayo umalis."** Suggestion ni Yuri.

Tinignan ko ang oras sa maliit na digital clock sa harap ng manibela. Malamang na nakauwi na si Kuya. Malilintikan ako ng sobra.

**"Hindi tayo pwedeng magtagal dito."** Sabi ko at sinubukang paandarin ang kotse pero wala talaga akong makita.

**"Wag mo pilitin. Baka ma-aksidente tayo."** Sabi ni Yuri kaya napilitan akong huminto.

**"Dito muna tayo."** Sabi ni Percy at bahagyang hinilig ang sandalan para makahiga sya.

Sinunod ko ang sinabi nila. Naghintay kami'ng humina ang ulan. Halos isang oras na kaming nasa loob lang ng kotse. Nakatulog na si Keifer dahil sa tagal. Mainipin pa naman ang isang to.

May isa't kalahating oras na ang lumipas ng maisipan kong paandarin ang kotse. Alam kong hinahanap na kami. Ang masama pa nito, nagdidilim na ang langit na dagdag pahirap sakin na nagmamaneho.

**"Delikado Pre..."** awat sakin ni Percy.

**"No choice. Mas lalo tayong mahihirapan nito kapag dumilim."**

Hindi na sya sumagot at hinayaan nalang ako. Dahan-dahan ang andar namin lalo't na at pababa ang daan. Pero ang pasakit ng malaka na ulan ay lalo pang nadagdagan ng biglang kumidlat kasunod ng malakas na kulog.

Napabangon si Keifer at halatang kinabahan.

**"Aries... Wag na. Delikado talaga."** Nag-aalalang sabi ni Yuri.

Napalitan akong huminto na naman. Nakakainis! Malilintikan ako nito kay Kuya at kay Mama. Naghintay na naman kami sa paghina ng ulan pero parang wala naman yata talagang balak matapos ang pagbuhos ng tubig.

Binuksan ko ang radyo para sana makinig ng music pero sira naman ang sagap.

**"Walang sagap ang radyo dito."** Sabi ni Percy ng hindi tumitingin sakin.

Padabog kong pinindot ang switch off. Kailangan ko ng ihanda ang tenga ko sa pakikinig ng sermon ni Kuya. Kailangan ko din ng maganda'ng palusot kung bakit ko tinakas ang kotse nya.

Pinikit ko ang mata ko at hinilot ang pagitan non. Habang iniisip ko ang pwedeng gawin bigla nalang kumulog ng malakas at sa pagdilat ng mata ko, muka ni Jay-jay ang nakita ko.

Humihigpit na naman ang paghinga ko. Tagaktak ang pawis ko kahit bukas naman ang aircon ng kotse. Nanginginig ang kamay ko na hawakan ang manibela at paandarin ang kotse.

**"Pre... mamaya na."** Sabi ni Percy at dumiretso ng upo.

Hindi ko sya pinansin at nagpatuloy lang sa pagmamaneho. Kumikirot ang sugat ko kasabay ng pagbilis ng tibok ng puso ko.

**"Ayos ka lang ba Aries?"** Tanong ni Yuri.

**"K-kailangan na nating maka-uwi."**

Pareho sila ni Percy na nagkibit ng balikat. Nag-usap nalang sila ng mga bagay na hindi ko maintindihan. Hindi ko na rin inalam pa dahil ang nasa isip ko lang ay maka-uwi na sa bahay.

Mabilis dumilim ang langit dala na rin ng masamang panahon. Nasa delikadong daan na kami ng Danger's Hills kaya sinubukan kong pakalmahin ang sarili ko.

Nasa pakurba na kami ng muli na namang kumidlat. Pagtingin ko sa gitna ng daan, nakita ko si Jay-jay. Duguan ang mga kamay habang may hawak na piraso ng basag na salamin.

Hindi ko na namalayan ang naging kilos ko. Pikit mata kong niliko ang manibela na syang malaking pagkakamali ko.

**"ARIES!!"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 245

**A/N:** Meron akong page. Gawa ng Admin ng Group.

**Lara Flores - eatmore2behappy**

Hahahaha ang taray! Feeling ko artista ko—charot!

Medyo maikli ang chapter na to. Pinilit ko lang kasing tapusin but again, thanks to my Astigmatism na ang hilig makisabay. Once na okay na ko talaga—pak na pak ang update nito.

***Aries's POV***

**Say goodbye**

***ContinuationOfFlashback...***

*Jay-jay....b-bakit?*

**"Aries!"**

Unti-unti kong dinilat ang mata ko. Malabo, nahihilo ako. Wala akong maramdaman na kahit ano at parang hindi ako makagalaw.

**"Wake up! Aries!"** Galit na sigaw ng kung sino.

Dalawa lang ang kilala kong nag-e-english kapag galit. Si Keifer o kaya si Percy. Sinubukan kong igalaw ang mga kamay ko pero ayaw nila makisama. Hangang sa napatingin ako sa harapan ng kotse.

*B-bakit parang—?!*

Nasan ako?! Hindi! Nasan sila Keifer, Yuri at Percy! Tinignan ko sila mula sa likod pero si Percy nalang ang nakita ko. Duguan at nanginginig sa takot.

*Anung nangyari?*

Kumikirot ang buong katawan ko. Basag-basag ang mga salamin ng kotse. Walang pinto sa likod at lahat nalang wala sa ayos.

**"P-percy."** Tawag ko sa kanya.

**"Aries... K-kaya mo bang gumalaw?"** Tanong nya na sinubukan kong gawin.

Nanginginig ang kamay ko at parang ayaw sumunod sakin. Sinubukan kong alisin ang seatbelt pero ng bitiwan ko yun bigla nalang gumalaw ang kotse.

**"A-ano yon?"**

Malalim ang paghinga ni Percy. **"N-nasa gilid tayo ng bangin."**

*Bangin?*

Sinilip ko ang labas ng bintana sa tabi ko. Ang harap ng kotse hangang sa unang gulong ay naka-ere sa bangin. Pwedeng malaglag ang kotse anytime.

Hindi ko alam ang gagawin ko. Naba-blangko ako. Dito na ba ko mamatay? Kaligtas nga ako sa ginawa ni Jay pero dito naman ako matutuluyan.

**"A-anung gagawin natin Percy?"** Tanong ko sa kanya.

Nakatingin sya sakin at parang nagsasabi na wala na kaming pag-asa.

**"Buksan mo yung pinto sa tabi mo."** Utos nya sakin.

Ginawa ko ang sinabi nya at laking gulat ko ng matanggal yon mula sa pagkaka-kabit sa kotse. Naging dahilan din yon para umuga pa lalo ang sasakyan. Napahawak ako ng mahigpit sa manibela at bangkuan.

Huminto sa pag-galaw ang kotse. Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Hindi ko magagawa ang dapat kong gawin kung natataranta ako.

**"P-percy."** Tawag ko sa kanya para sana itanong ang sunod kong gagawin pero natigilan ako ng makitang nakangiti sya sakin.

**"Y-you...have to jump...out."** Sabi nya na may basag na boses.

**"W-what?"** Tinignan ko ang kabuuan nya.

Hindi sya gumagalaw at wala din nabago sa pwesto nya mula ng magising ako. Doon ko lang na-realize ang gusto nyang mangyari.

*G-gusto ba nyang—hindi!*

**"N-no! No! No! I can't! I'm not leaving you here! No!"** Sabi ko habang umaagos ang mga luha ko.

Hindi pwede. Hindi ko sya pwedeng iwan nalang dito.

**"You have to. T-this is the only way."** Sagot nya kasabay ng pagpatak ng luha nya. **"...yung mga kapatid ko, please. At si Freya..."** ngumiti sya ng mapait. **"...paki-paliwanag nalang na nag-feeling superhero ang boyfriend nya."**

**"No, Percy! Ask anything else."**

Umiling sya kasabay ng pagpunas ng luha. **"You have to leave now."** Seryosong sabi nya.

**"Percy! No! I can't!"**

**"Lumabas ka na! Iwan mo na ko!"**

**"No! I'm not leaving you here!"**

**"Do it! Leave me here!"**

Hinawakan nya ko sa kwelyo ng damit. Patuloy ang pagbagsak ng luha nya. Hinawakan ko ang kamay nya.

**"I-isa lang ang pwedeng m-mabuhay satin ngayon....wag mong s-sayangin ang pagkakataon."**

**"H-hindi ko kaya."**

Ngumiti na naman sya sakin. Yung ngiti na nagsasabi na ayos lang ang lahat. Yung ngiti nya binibigay nya samin.

**"I'm happy that I met you."** Sabi nya.

**"Please—Percy!"** Sa isang iglap buong lakas nya kong tinulak palabas ng kotse.

Bumagsak ako sa maputik na lupa. Sinubukan kong bumangon at kalimutan ang sakit ng katawan ko pero hulihan nalang ng kotse ang nakita ko habang dumudulas pababa ng bangin.

**"NO!"**

Ilog ang nasa ibaba ng bangin. Malakas ang agos at kulay putik ang tubig. Kitang-kita ko kung gano kabilis na kinain ng tubig ang kotse.

**"P-percy..."**

***EndOfFlashback...***

Unti-unti kong dinilat ang mata ko. Bumungad sakin ang nakasilip na liwanag sa bintana. Ibinaling ko sa ibang direksyon ang ulo ko at ang naghihilik na Jay-jay ang bumungad sakin.

Naka-nga-nga pa sya habang tumutulo ang laway.

I can't hold my smile because of her face. *Yup! She's definitely my sister.* Pinitik ko ang noo nya para gisingin sya pero walang talab yon.

Sinubukan kong bumangon pero napahinto ako ng makita ang nakadagan sa tyan ko. Binti ni Jay at halos lumapit na ang talampakan nya sa muka ko.

Inalis ko ang binti nya at bahagya syang tinulak pero wala pa rin. Tulog na tulog pa rin sya samantalang nauna pa syang matulog sakin kagabi.

**"Haay... I can't believe this."** Bulong ko sa sarili ko.

Bumangon ako mula sa kama nya at kinuha ang cellphone ko na bedside table. Nangunot ang noo ko ng makita'ng may text message ako mula sa unknown number.

**From:** *+639***********
**Message:** *Please... wait for me. I will return as soon as I can.*

Agad kong binura ang message. Kilala ko kung sino ang isang to. Hindi ako pwedeng magkamali. Panu nalaman ni Keifer ang number ako?

Napatingin ako kay Jay ng umiba sya ng posisyon. Sya lang ang huling gumamit ng cellphone ko, pero sa pagkakatanda ko ibang tao ang kausap nya kagabi.

*Hindi kaya?*

++++++++++++++++++++++++++++++++

***Jay-jay's POV***

Hawak ang tinidor at nakahanda na sa pagsalakay. Mabilis kong sinaksak ang hotdog sa plato pero meron akong kalaban. Nakasaksak din sa hotdog na pinag-iinitan ko.

*Meron pang isang tinidor.*

Pwede'ng pwede ko ng patugtugin yung nasa pelikula. Yung kapag magtatagpo ang kalaban at ang bida. Kasabay ng masamang titigan sa gitna ng laban.

*Hehehehe lakas maka-pelikula.*

**"Akin to."** Sabi ko ng may pagbabanta.

**"No, this is mine."** Sagot sakin ng kalaban ko walang iba kundi si Perena—este, yung horoscope pala.

**"Akin to! Ako nauna!"**

**"Jay! Pito'ng hotdog na ang kinakain mo."**

**"Grabe sa Pito, lima lang naman."** Paliwanag ko habang unti-unti'ng hinahatak palapit sakin ang hotdog.

**"You lost count, you ate seven."** Sagot nya at pinigilan ang paghatak ko.

**"Ikaw nga dyan eh. May sarili ka namang hotdog pero—ARAY!!"** May bigla nalang bumatok sakin dahilan para mabitawan ko ang hotdog at makuha nya.

Tinignan ko kung sino may gawa non. Si Kuya na may hawak pang tasa ng kape. Masama ang tingin nya sakin kaya napayuko ako agad.

**"Where did you learn those things?"** Maotoridad na tanong nya.

Hawak ko pa ang batok ng tinignan ko sya ng puno ng pagtataka. **"Anong *learn*?"**

**"Yang mga sinasabi mo—tungkol sa hotdog."** Sagot nya habang pinaglalakihan ako ng mata.

**"Talaga namang may sarili syang hotdog ah! Ayan sa plato nya!"** Sabay turo sa plato nyang may dalawang hotdog na hindi nagagalaw.

Patay malisya naman si Aries habang patuloy sa pagkain. Binalikan ko ng tingin si Kuya at para syang napahiya. Kuwaring binasa nya ang dyaryong hawak pero baliktad naman.

*May lumot ata ang utak ni Kuya.*

Dahil naubos na ang hotdog, itlog at bacon na almusal namin. Napilitan akong magtiis sa pandesal. Nagugutom pa naman ako. Gusto ko pa sanang kumain ng kumain.

**"Saan na nga pala kayo mag-r-room?"** Walang atubiling tanong ni Aries kaya natigilan ako.

Napatingin din ako kay Kuya sandali bago sya sagutin. **"B-baka sa gymnasium or sa open auditorium ng school."**

Narinig ko ang pagtiklop ng dyaryo sa tabi ko. Alam kong magtatanong sya. Hindi nga pala nya alam na pinalayas na kami ng tuluyan sa room. Sa kangkungan na kami pupulutin.

**"What do you mean? Bakit sa gymnasium na kayo mag-r-room?"** Tanong nya na nagkaba sakin.

Ayoko sana syang sagutin dahil baka bigla nalang syang sumugod sa school at gumawa ng gulo. Baka awayin na naman nya ang guidance councillor.

**"A-ano... k-kasi..."** tumingin ako kay Aries para manghingi ng tulong pero busy sa pagttext ang Gago.

**"Jay-jay."** Tawag ni Kuya na parang nang-galing sa ilalim ng lupa. **"...answer me."**

**"Kasi..........."** napakamot ako sa ulo. **"............PinalayasNaKamiSaRoom."** Mabilis na sabi ko pero mukang naintindihan pa rin nya.

**"WHAT?!"**

Umarte akong tumitingin sa orasan kahit hindi ko naman alam kung nasan ang wallclock.

**"Aba tignan mo! Ma-l-late na pala ako. Kailangan ko ng mag-ayos."** Mabilis akong tumayo at hindi na hinintay ang sasabihin ni Kuya.

Tumakbo ako papunta sa kwarto ko at nilock ang pinto. Sana lang talaga hindi sya sumugod sa school. Panibagong eksena na naman yon.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinignan kung may message galing sa kanya pero wala pa rin. Pabato kong binaba sa kama yon at walang buhay na kinuha ang twalya ko bago dumiretos sa banyo.

*Buti pa yung multo marunong magparamdam.*

Nakakahiya naman don sa Hari ng mga Ulupong. Wala na yata talagang balak bumalik dito. Nasa ilalim na ko ng shower ng merong pumasok sa isip ko.

Paano kung may babae na pala ang ugok na yon? Nasa ibang bansa sya. Maraming magaganda don, matatangkad at malalaki ang dibdib. Hindi malabong—*kingina mo ka'ng Hari ka!!!*

Wag ko lang malamang may nilalandi ang ugok na yon. Sasakay akong eroplano kahit sa pakpak o gulong lang, makarating lang ako sa pinaglalagyan nya. Ipapatikim ko sa kanya ang sakit ng paghihiganti.

*Mata mo lang walang latay.*

Kahit singit mo lalagyan ko ng marka ng latigo. Gagapang ka sa putik at bubugbugin kita ng mura.

**"Wag ka lang talaga'ng mamba-babae."** Sabi ko at pinagpatuloy ang pagligo.

Pagkatapos gawin ang mga dapat kong gawin sa banyo, nagbihis na ko. Malapit na kong matapos ng may marinig akong kumatok. Wala sa sarili kong binuksan yon at bumungad ang Horoscope for today.

**"Kaunting bilis naman. Mala-late na tayo."** Inis na sabi nya sabay alis.

Napakurap-kurap ako. Ano daw?! Did he just use the word '*tayo*'?! Wow! Tayo! Meron ba non?! Meron pala non!

*Ang OA ko pero parang kinilig ako.*

Naks! Eto na ba yon. Senyales na ba na okay na kaming dalawa? Na wala ng away-away? Bati na kami, ganern!

Nakangiti akong kinuha ang bag ko at tumakbo palabas ng kwarto. Yung feeling na ang saya mo dahil sa simpleng bagay. Ang babaw na dahilan pero para sakin, kaligayahan na yon.

Kompirmado na! Okay sa alright na kami ng kapatid kong kayang magpredict ng future.

Paglabas ko, nakita ko syang nakatayo sa tabi ng kotse nya. Sinenyasan nya kong sumakay agad sa passenger seat sa tabi ng driver. Ako naman tong excited, sakay agad na halos masubsob pa ko sa upuan.

**"Sabay tayong papasok?"** Nakangiting tanong ko sa kanya.

Taka nya kong tinignan na para bang napaka-weird kong tao.

*Sorry naman....egzoyted lang!!*

Pina-andar nya ang kotse. Naging tahimik sya nung una pero may panaka-nakang tumitingin sakin.

**"Weird mo."** Bulong nya na narinig ko naman.

**"Masaya lang ako."** Sagot ko.

**"And why?"**

**"Kasi okay na tayo. Tanggap mo na ang ganda ko."**

Bigla nalang syang natawa habang napapailing. Hinayaan ko nalang kasi baka natutuwa din sya pagkakabati namin.

Nakarating kami sa school at sa hindi nya ko pinababa. Nasa loob ako hangang sa iparada nya ang kotse sa parking. Ngiti'ng-ngiti ako habang tinanggal ang seatbelt ko.

**"Salamat."** Sabi ko sa kanya.

**"Para saan?"**

Umiling ako. **"Wala lang. Gusto ko lang sabihin."**

Ngumiti sya at sinenyasan akong lumapit sa kanya at ginawa ko naman. Akala ko kung anung gagawin nya pero bigla nalang nya'ng pinisil ang pisngi ko.

**"Aaahhhh... A-aray! M-mashakeeet!"**

**"Magpaka-tino ka! Tantanan mo ang pakikipag-away!"** Sabi nya habang hinahatak-hatak ang pisngi ko.

Mangiyak-ngiyak ako ng alisin nya yon. Expected ko naman hahalikan nya ko sa noo kagaya ng napapanood ko sa tv.

**"Umayos ka."** Dagdag nya bago buksan ang pinto ng kotse nya.

Ganon na rin ang ginawa ko at hindi nakaligtas sa paningin ko ang mga student na pinagtinginan at bulungan kami.

*Agang tsismis!!*

Inirapan ko nalang sila at naglakad na papunta sa building namin pero napahinto ako ng makita ko si Edrix.

**"Jay."** Tawag nya sakin. **"...sa gymnasium tayo."**

Seryoso akong nakatingin sa kanya at nag-nod. Lumiko na ko papunta sa gym at nakasunod naman sya sakin.

**"Jay-jay."** Tawag na naman nya sakin pero hindi ko sya nilingon. **"...meron sana akong ibibigay sayo."**

Napahinto ako at mabilis ko syang hinarap. Napatingin ako sa kamay. Flashdrive yon na ang saksakan ay maliit. Ang alam ko para sa cellphone ang isang to.

*Pagkain ang nasa isip ko.*

Kinuha ko yon at pinag-masdan. **"Para saan to?"**

**"Gusto ko sanang mag-sorry sayo. Dun sa ginawa namin. Bilang pagbawi, pinilit kong kunin lahat ng files ng dati mong cellphone."**

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Yung dati kong cellphone na binato ko sa pagmumuka ng Tarantado'ng Hari pero naiwasan nya! Nasira na yon at nadurog sa sahig.

Kung nakuha nya yung files, ibig sabihin lahat ng picture at video. Y-yung mga ala-ala namin.

**"Sorry talaga Jay. Loyal kasi ako kay Keifer kaya sunod ako sa mga utos nya."** Sabi nya ng nakayuko.

Hinawakan ko bigla ang kamay ni Edrix. Hindi ko alam kung bakit pero sobrang saya ng puso ko ngayon.

**"Pasalamat ka, good mood ako ngayon."** Sabi ko habang nakangiti sa kanya. **"...kaya bibigyan din kita ng pagkakataon."**

Ngumiti sya sakin at akmang yayakapin ako pero agad kong hinarang ang kamay ko sa muka nya.

**"Abusado ka naman. Hinawakan ko lang kamay mo tapos ngayon yayakap ka."** Sarcastic na sabi ko. **"...Ang tindi mo dyan."**

**"Sorry. Natuwa lang din."** Kamot batok na sagot nya. **"...tara na sa gym."**

Nauna na syang maglakad at mabilis naman akong sumunod. Pakiramdam ko sobrang daming magagandang bagay ang meron ngayon. Hawak-hawak ko ang flashdrive na ala-ala ko noon ang laman.

Hindi tuloy mawala ang ngiti ko sa labi. Feeling ko walang makakasira ng araw ko.

Pero yun lang pala ang akala ko, dahil pagpasok namin sa gym—nakabungad ang parusa ng mundo samin.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter & Instagram:** @lareypot

*OceanofPDF.com*

# Chapter 246

**A/N:** hahaha ewan ko kung my nakapansin. Chapter 255 ang nakalgay sa previous chap. Napalitan ko lang agad.

Happy Birthday kay Baby Chucs / Charleth Sy from Jackyut.

Sorry nayon lang nabati.

Thankyou sa covers KobeTheOneAndOnly



EATMORE2BEHAPPY

# Ang Mutya Ng section E

Ang Mutya Ng
section E
(DarkSide)
MISS YOU
EATMORE2BEHAPPY

Thank you sa mga covers na ito. Anna Tumolva Constancia

By:Eatmore2behappy
Ang mutya
ng
Section E
(part two)
the dark side

Ang mutya
ng
section E
(part two)
the dark side
By:Eatmore2behappy

Ang Mutya
ng
Section E
(part two)
The dark side

Ang Mutya
ng
Section E
(part two)
the dark side

By:Eatmore2behappy
Ang mutya
ng
Section E
(part two)
the dark side

Thanks din po dito. @xenabreu1412

Wattpad
Mark Keifer Watson
Yuri Hinamitchi
Jasper Jean Mariano
Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
by : @eatmore2behappy
Ang Section Kung saan may
pagtutulungan at pagmamahalan

Ang Kanilang Iniingatan

## New room, new enemy

***Jay-jay's POV***

BASURA! Basura everywhere. Basura here basura there. Tambak ng basura ang buong gymnasium.

**"Ano to?!"** Inis na sabi ko.

Napatingin ako sa mga Ulupong na sipa ng sipa ng basura palayo sa kanila. Lumapit ako kami ni Edrix sa kanila.

**"Jay-jay!"** Buong galak na bati ni Ci-N habang kumakaway.

**"Bakit ganito dito?"** Tanong ko sa kanya.

Umiling sya. **"Hindi ko alam. Pagdating namin dito ganito na."**

*Bakit pakiramdam ko sinadya to?*

Nakakadiri mag-stay dito, idagdag pa yung medyo mabaho'ng amoy.

**"Hindi tayo pwede dito!"** Inis na sabi ni Drew.

Sang-ayon sa kanya. Sinong makakatagal ganitong itsura?

**"Section E."** Tawag samin ng kung sino.

Paglingon namin sa entrance, si Sir na nagtataka sa nakikita nya ang bumungad samin. Dala ang bag at lesson plan nya. Kanya-kanya kami ng lapit sa kanya.

**"Sir! Hindi tayo pwedeng mag-klase dito!"** Sabi ko.

**"Oo nga Sir!"** Sang-ayon ni Kit.

Kanya-kanya na ng reklamo ang mga luko hangang sa may naramdaman akong humawak sa braso. Nilingon ko yun at nakita ko si Yuri. Bahagya nya kong hinatak palayo sa mga Ulupong.

**"B-bakit?"** Tanong ko sa kanya.

**"Pinuntahan kita sa inyo pero umalis ka na daw. Bakit hindi mo ko hinintay?"** Bakas ang lungkot sa mga mata nya.

Napakamot ako sa batok. **"Sumabay kasi ako kay Aries."** Ngumiti ako sa kanya ng maalala ko ang dapat sabihin sa kanya. **"...okay na kami! Bati na kami!"**

Ngumiti din sya. **"Talaga?! Congrats!"**

Hindi pa rin nawawala ang lungkot sa mga mata nya. Para bang meron syang dinadalang problema na ayaw nyang ipahalata sakin.

**"Okay ka lang ba? Parang ang lungkot mo."**

Umiling sya. **"Nag-alala lang kasi ako kanina."**

Nangunot ang noo ko sa sagot nya. Nag-alala? Pero saan?

**"Bakit ka naman mag-aalala? Sa school din naman ang punta ko."**

Mabilis syang umiwas ng tingin. **"Y-yung kay Sato kasi."**

Pero parang hindi yon ang totoo'ng dahilan. Pinili ko nalang magkibit balikat.

**"Yun ba? Para'ng hindi mo ko kilala. Kaya ko sarili ko."** Nakangiti'ng sagot ko at hinampas sya sa braso.

*Anu kayang problema nito?*

Binalikan ng tingin ang mga Ulupong na kausap si Sir. Hindi kami makakapag-klase ng ganito lang. Feeling ko hindi na matatapos ang pag-uusap nila.

**"Linisin nalang ang gymnasium. Yun lang ang paraan natin para makapag-stay kayo dito at maturuan din kayo ng ibang teacher."** Paliwanag ni Sir.

**"Sir naman! Perwisyo na nga yung pagpapa-alis nila samin sa room, pati ba naman dito?!"** Galit na sabi ni Eren.

Sinang-ayunan sya ng iba pero meron namang sang-ayon sa sinabi ni Sir. At syempre meron ding nakikigulo lang talaga.

**"Pasabugin nalang natin ang ibang room para dito na din sila kasama natin!"** Suggestion syempre ng pinaka-pasaway sa lahat.

*Ci-N talaga, kahit kailan!!*

**"Ayos yan, pagpatuloy mo yang katangahan mo."** Sarcastic na sabi ni Josh.

Agad syang tinignan ng masama ng Batang Kumag. **"Kung matalino ka nga, anu dapat natin gawin dito?!"**

**"Kung matalino ka, bakit kailangan mo pa itanong sakin yan? Bakit hindi ikaw ang sumagot?"** Balik naman nitong isa.

**"Tuloy nyo pa. Mag-away pa kayo. Malaking tulong yan."** Gatong ni Blaster.

"*Away oh! Away oh!*"

Nalipat ang atensyon ng lahat sa dalawang kumag na nag-aaway sa patalinuhan. Nakakahiya naman sa mga utak nila.

Nasampal ko nalang ang sarili kong muka. Kulang nalang suntukin ko yung sarili ko dahil pangu-ngunsume sa kanila. Nai-stress ako! Dapat happy day ngayon.

**"Tama na! Ang kailangan natin ngayon magtulungan."** Sabi ni Sir Alvin na pumagitna pa sa kanila.

Tumalikod si Ci-N sa kanya. Akala ko nagpa-awat na nga talaga sya pero bigla nalang syang kumanta.

**"Anung kailangan? Magtulungan! Anung kailangan? Magtulungan!"** Kanta nya at napatingin naman kaming lahat sa kanya. **"...wonder pets! Wonder pets! Andyan na kami!"**

Sa pagkakataon na to hindi lang ako ang napa-face palm. Pati si Sir at mga Ulupong ganun din ang naging reaksyon. Umuurong talaga ang edad nya.

**"I'll pretend that I didn't hear that."** Sabi ni David at lumapit kay Sir. **"...Saan po ba yung panlinis."**

**"Sa storage room kung nasan ang iba pang gamit."** Sagot ni Sir sabay turo ng pinto sa pinaka dulo.

Naglakad sya papunta don kasunod nila Eman, Denzel, Ci-N, Felix, Kit at Josh. Ayaw pa sana sumunod ng iba kundi lang nagkatulakan.

Pati ako sumunod na rin. Kanya-kanya kami ng kuha ng walis, dustpan, map at garbage bag. Kanya-kanya na rin kami ng lulugaran. Ang daming basura na pinagkainan ng mga Peste'ng nilalang—este mga istudyante sa pala ng paaralan na to.

Pati mga bleachers sa kasuluksulukan ng gymnasium meron ding kalat. Hindi naman kaya nakakahiya sa kanila. Pinalayas na nga kami sa room tapos ganito pa ang ibubungad samin.

*Ang bait nila, sana kunin na sila ni Lowd.*

**"Jay-jay!"** Sigaw ni Ci-N pero hindi ko sya nilingon.

May kutob na kasi ako kung anong ginagawa nya.

**"Tignan mo ko! Dali!"** Sigaw ulit nya.

Napabuntong hininga ako. Hindi talaga sya nauubusan ng kalokohan.

**"Bilis na! Tignan mo na ko!"**

*Ay ang kulit!!!*

Malakas ang naging buntong hininga ko bago sya linungin. At kundi ba naman! *Hay naku!!*

**"Diba ang ganda ko!"** Maarteng sabi nya habang kumakaway pa.

Sinuot nya yung garbage bag at ginawang damit. Nagbuhol din sya sa ulo na nagmukang headband. Muka syang aning sa ginagawa nya. Nagpapa-ikot-ikot pa sya na parang may magarbong damit.

**"Ay may nakapasok na baliw dito!"** Sigaw ni Felix kasunod ng pagtawa.

**"Tse! Inggit ka lang sa ganda ko!"** Malanding sagot ni Ci-N.

**"Naku! Bumigay na!"** Pang-aasar ni Calix.

**"Epekto ng amoy ng basura yan!"** Gatong ni Kit.

*Baka nga!! Sa tindi ng baho, naluto na yung utak.*

Sunod-sunod ang tawanan nila. Pati ako napatawa na rin. Samantalang ang Batang Kumag, ayon! Daig pa ang model sa pagrampa. Nagawa pa nyang lumapit kay David.

**"Hi Dabid."** Bati nya sabay kurap-kurap ng mata.

Napangiwi si David sa itsura nya. **"Ano ka? Taong basura?"**

**"Hindi."** Umiikot-ikot sya sabay taas ng kamay at huminto. **"Isa akong magandang prinsesa!"** Malanding sabi nya.

*Ay pak, ganern!*

Mabilis na nagsalubong ang kilay ni David at buong lakas na pinitik sya sa noo. Agad na nagprotesta ang bata'ng kumag sabay hawak sa noo habang mangiyak-ngiyak.

**"You're wasting the garbage bags. Can't you see? We have a lot to clean and here you are playing around."**

Agad syang tinignan ng masama ni Ci pero nawala din yon at napalitan ng matamis na ngiti. Yumakap pa sya sa braso ni David at parang pusa na kiniskis ang muka.

**"Masyado kang hot, Dabid. Chill ka lang. Bigyan kita kiss, you want?"** Sabay nguso sa kanya.

*Ayown! Bumigay na si Koya.*

Sinubukan syang itulak palayo pero parang linta na maka-kapit ang Batang Kumag. Malakas ang naging tawanan namin pero hindi ang iba.

**"Tigil mo nga yan Ci-N! Nakakadiri ka!"** Inis na sabi ni Drew at napatingin naman kami sa kanya.

**"Nagbibiro lang naman... hayaan mo na."** Sagot ni Denzel sa kanya.

**"Kahit na!"**

**"May problema ka ba sa bakla?"** Medyo inis na tanong ko at nag-cross arm.

Salubong ang kilay nyang humarap sakin at parang hindi masaya na sya naman ang pinag-titinginan ng mga kaklase nya.

**"W-wala....basta! Nakakadiri sila."** Sabi nya at tumalikod samin.

Pinag-patuloy nya ang paglilinis at umarteng hindi kami nakatingin sa kanya. Napatingin ako kay Kit at Mayo na nagpapalitan din ng makahulugang tingin.

Napailing nalang ako at bumalik sa ginagawa. Buti nalang at madami din kami kaya halos isang oras lang ang nagugol namin para malinis ang buong gymnasium.

**"Ayan! Malinis na!"** Naka-ngiti'ng sabi ni Sir at tumingin sa relo nya. **"...hindi na nga lang tayo makakapag-klase."**

**"Anu pa nga ba...."** bulong ni Blaster pero narinig ko pa rin.

**"Bibigyan ko nalang kayo ng copy ng lesson for today para mapag-aralan nyo pa rin."** Paliwanag ni Sir. **"Ipahinga nyo nalang siguro yung natitirang oras."**

"*Sige po Sir.*"

"*Salamat Sir*."

"*Pahinga muna.*"

Akmang kukuhanin ni Sir yung mga garbage bag pero pinigilan sya ni David. Nagprisinta na sya na kami nalang ang magtatapon. Umalis na Sir na puno ng pag-aalala samin.

Hindi ko sya masisisi, muka kaming pulube dito. Hindi ko nga alam kung bakit pa kami pumapasok. Halata namang hindi na kami welcome dito.

**"I need some help here."** Sabi ni David pero walang pumansin sa kanya. **"...come on. A little cooperation."**

Deadma pa rin ang mga Gago habang kanya-kanya sa ginagawa. Merong ngku-kwentuhan at naglalaro sa cellphone. Meron namang naisipang mahiga sa bleacher at matulog.

*Aba ka matinde! Ang bait talaga ng mga Ulupong na to.*

Nakita kong tumingin si David kay Ci-N—suot pa rin ang kalandian nya.

**"Hoy, magandang prinsesa. Baka gusto mo kong tulungan."** Sarcastic na sabi nya.

Ang Batang Kumag naman mataray na hinawi ang feeling nyang mahaba nyang buhok. Umirap pa sya sabay patong ng isang hita sa kabila.

*Ganda! Pak na pak.*

Malalim ang naging buntong hininga ko sabay tayo at lapit kay David.

**"Ako na. Halata namang wala kang aasahan sa mga yan."**

Padabog kong kinuha ang apat na garbage bag at ganun din sya. Puno'ng-puno ang mga yon kaya hirap na hirap kaming maglakad. Muntik pa kaming hindi magkasya sa entrance dahil sa dala namin.

Malayo-layo ang original na damp side ng school. Nasa kalikud-likuran pa yon ng mga lumang building. Magkasunod kami ni David sa paglalakad. Buti nalang at oras pa ng klase kaya walang mga itudyante na nagkalat sa daan.

Kung nagkataon, usap-usapan na naman kami. Nakarating kami sa building ng first year. Isa sa pinaka-lumang gusali dito sa school na to. Ang nakakapagtaka lang, isang kwarto lang ang puro istudyante. Lahat bakante na o kaya sarado.

**"Dito ang room namin dati."** Sabi ni David habang nakatingin sa building. **"Second year ako nung napunta sa kanila."**

Tinignan ko din yon. Parang mas luma pa to sa building kung nasan ang Section E. Nana-nadya talaga ang school na to eh! Meron namang palang mas lumang building dito bakit yung samin ang pilit inuuna'ng gibain.

*Saltik talaga mga tao dito eh!*

Binalik ko ang tingin kay David. **"Bakit ka nga pala napunta sa Section E?"**

Binalik nya ang tingin sakin bago ngumiti at maglakad ulit. Sumunod naman ako agad sa kanya.

**"Nagkaroon kasi ng gulo sa Section namin. Ma-e-expelled yung ibang kaklase ko at suspended naman yung iba. Para hindi na lumaki yung gulo, inako ko nalang lahat."** Paliwanag nya. **"...meron din akong backer kaya hindi naging problema sakin yon."**

Nag-nod naman ako biglang pagtanggap sa sagot nya.

**"Eh ikaw?"** Tanong nya sakin. **"...bakit ka napunta sa Section E?"**

Ngumiti ako sa kanya. **"Sobrang ganda ko daw kasi. Baka ma-insecure ang ibang babae sakin."**

*Yun yon eh!*

Narinig ko ang mahinang pagtawa nya. Nagtanong pa talaga sya parang hindi nya alam na naging pasaway ako sa dati kong school. Pero siguro nakalaan talaga na makarating ako sa Section na to. Ewan ba! Ang weird sa pakiramdam.

Narating namin ang likod ng lumang building. Akalain mo nga naman, ang ganda pala ng segregation nila ng basura. Nakahiwalay na ang bote sa plastic. Nabubulok at hindi nabubulok.

*Eh bakit kaya yung mga istudyante nila, hindi nila ma-segregate?*

Tinignan ko yung paligid at napatingin ako sa dalawang lalaki na syang nag-aayos ng paglalagyan nga mga basura.

**"Saan natin bababa to?"** Tanong ko kay David.

**"Dun nalang siguro."** Sabay turo sa mga garbage bag sa sulok.

Naglakad na kami papunta don ng bigla kaming tawagin ng isang lalaki. Sabay kaming lumingon ni David sa kanya at lumapit naman sya samin.

**"Saan galing mga dala nyo?"**

Nagtinginan pa kami bago sumagot.

**"Sa gymnasium po."**

Bigla'ng sumimangot yung lalaki samin at nagkamot ng ulo.

**"Pasensya na kayo, hindi namin pwede tanggapin yan."**

*Basura hindi tinatanggap? Ano yan? May requirement na sinusunod?*

**"Ho?"** Nanlalaki pa ang mata ko sa sinabi nya. **"Bakit hindi tatanggapin? May sariling bang damp side ang gymnasium?"**

Parang nahiya sakin bigla yung lalaki at napayuko. Kapag hindi ko nagustuhan ang sagot nito tatamaan sakin to. Isang hampas lang sa batok.

**"Yun kasi ang bilin simin ng Guidance Officer. Para daw talaga sa inyo ang mga basura na yan."**

Nabitawan ko lahat ng garbage bag na hawak ko. Hindi ko kinaya! Para samin? Anung ibig nilang sabihin don? Mga basura kami at nababagay samin ang maging tambakan ng basura?

*Mga anak kayo ng kwanan!!!*

**"Kuya!"** Sigaw ko sa kaharap namin. **"...ang alam ko wala tayong problema, pero baka ngayon meron na!"**

Bahagya pa syang napaatras. Hindi ko naman sya sinisindak pero.....*kingina naman!* Ang sarap manapak! Gagalitin ako ng school na to. Kaunting tiis lang naman hindi na kami magkikita dahil graduate na kami tapos gaganituhin pa kami.

**"Kuya, basura na tong mga to. Alangan namang alagaan pa namin to."** Sabi ni David. **"Hayaan nyo na ho kaming iwan to dito."**

Binitiwan nya lahat ng hawak at dinukot ang wallet sa bulsa. Kumuha sya ng pera na sa tingin ko ay nasa 5 thousand din ang halaga.

**"Sapat na siguro to para tumahimik kayo."** Dagdag pa nya habang inaabot ang pera sa lalaki.

*Parang feel ko na ring maging basurera ngayon.*

Mabilis naman na kinuha nung lalaki yung pera at ngumiti ng malapad. Labas ang maitim nyang gilagid at naninilaw na ngipin. Buti nalang buo pa kahit parang kinakain na ng bacteria ang bibig nya.

**"Makaka-asa kayo Sir."** Sagot nung lalaki.

Sinenyasan ako ni David na umalis na. Iniwan namin ang mga garbage bag sa harap ni Kuya. Gusto ko talagang mag-reklamo sa nangyari pero kanino ko naman gagawin yon.

Hindi ako makapaniwala. Sinadya talaga ng school na to na tambakan kami ng basura. Anu bang gusto nilang mangyari?

Nakasimangot ako habang naglalakad. Wala namang kibo tong kasama ko. Aware ata sya na kumukulo ang dugo ko.

*Kainis! Lakas maka-peste!*

Mabilis kaming nakarating sa gymnasium dahil na rin siguro sa laki ng bawat hakbang ko. Pagpasok na pagpasok pa lang, umalingaw-ngaw na ang malakas na sigawan. Nag-e-echo pa yon sa buong gusali.

Tinignan ko kung anung puno't dulo ng lahat. Ang mga Ulupong nakikipag-away sa mga Section D.

**"Nana-nadya kayo!"** Sigaw ni Eren sa babaeng kaharap nya.

**"Gagamitin nga namin tong gymnasium, kailangan nyong umalis dito!"** Sabi nung isang lalaki.

**"Ang laki-laki nito! Kahit mahigit 200 pa kayo'ng gagamit dito kakasya at kakasya kayo!"** Inis na sagot ni Mayo.

**"Ano na naman to?!"** Inis na bulong ko.

Patakbo kami ni David na lumapit sa kanila at pumgitna.

**"Anu to?! Anu to?! Ano na naman to?!"** Sabi ko habang nasa gitna nilang lahat.

Hinarap ako ng isa sa Section D. **"Kailangan nyong umalis dito. Gagamitin namin ang gymnasium."**

Tinignan ko ang buong gusali. Ang lawak ng lugar kung isasama pa ang mga bleacher ang laki-laki ng lugar.

**"Seryoso? Ang laki ng lugar. Bakit kailangan kaming paalisin?"** Iritableng sabi ko.

**"Obvious ba? Hindi namin ma-take na kasama kayo dito."** Sarcastic na sabi nung isang babae.

*Ay gumaganon! Akala ata maganda sya.*

Muntik ko ng maduro sa pagmumuka yung babae. Buti nalang at naalala ko pa kung anong pinag-uusapan namin.

Pinag-apir ko ang mga kamay ko. **"Akalain mo nga naman. Hindi rin namin ma-take na kasama kayo! Kaya wag na kayo dito!"**

Inirapan ako nung babaeng inartehan ako kanina. Sundutin ko kaya mata nya?

**"Miss!"** Tawag sakin nung isang lalaki na kung hindi ako nagkakamali ay yung president nila. **"...ang gymnasium na to ay para sa mga mag-p-P.E. Obviously, andito kayo hindi para sa P.E class. Ginagawa nyo lang tambayan ang lugar na to dahil wala kayong sariling classroom."**

Abat! Ginagalit din ako nito. Magsasalita na sana ako ng biglang humarang si Yuri.

**"FYI, hindi kami nandito para tumambay. Dito kami nilagay ng management ng school."** Nag-cross arm sya at halatang naninindak sa pustura nya. **"...Kaya kung may dapat umalis dito kayo yon."**

Inis na tumawa yung president ng Section D. **"Wag ka mayabang Hanamitchi, kaya ka lang naman uma-asta ng ganyan dahil wala si Watson."**

*Anu namang kinalaman ng Hari dito?*

Nagsalubong ang kilay ko habang nakatingin sa Ugok na kaharap ni Yuri. Umaapaw talaga sa kayabangan ang Section na to. Kung tutuusin, lower section naman sila kung wala ang Section E.

Ngumiti si Yuri sa kanya. Yung ngiti na normal lang at parang kaibigan lang ang kaharap. Tinanggal nya ang mga braso sa posisyon at pinatong ang isang kamay sa balikat nitong kausap nya.

**"Tama ka, wala si Watson."** Bahagya syang lumapit at tumapat sa tenga nya. **"...kaya walang pipigil sakin kapag sinapak kita."** Pagka-sabi non, dini-inan nya ang pagkakahawak sa braso dahilan para mapa-upo yung isa.

Agad na na-alarma ang Section D at tangkang lalapit kay Yuri pero si David naman ang pumigil sa kanila.

**"Pwede naman nating pag-usapan nalang ng maayos to."** Sabi nya habang nakagitna. **"...gamitin nyo nalang yung area na kailangan nyo sa gymnasium na to at hayaan nyo nalang kami dito sa bleachers."**

**"That's not how it's works."** Sabi ng isang babae taga-Section D. **"...hindi nga kami komportable na andito kayo."**

**"Kami din naman... hindi kami komportable na andito kayo pero may magagawa ba kami?"** Iritableng sagot ni Denzel.

**"Meron! Umalis kayo! Tapos ang usap!"**

Muli na namang nauwi sa sigawan at sagutan ang pag-uusap. Muka ring malapit-lapit ng magsuntukan ang mga ugok. Sa kalagitnaan ng pagtatalo nila, nakita ko sila Josh, Eren, Drew at Blaster na naglakad palabas ng gymnasium dala nila ang mga bag nila.

Agad ko silang hinabol dahil parang alam ko na ang gagawin nila.

**"Saan kayo pupunta?"** Inis na tanong ko sa kanila.

Huminto sila Eren at Josh pero tuloy-tuloy naman sa paglalakad si Drew at Blaster.

**"Sayang lang effort natin kung makikipag-talo tayo. Obvious naman na pinapa-alis na tayo sa school na to."** Paliwanag ni Eren.

**"Tama si Eren."** Dagdag ni Josh. **"...kung hindi mo napapansin, pinaglalaruan nalang tayo dito."**

Gusto kong sumagot sa sinabi nila. Gusto kong sabihin na mali sila. Pero kahit saang anggulo tignan, ganun na nga ang nangyayari. Muli silang tumalikod at naglakad na paalis. Bagsak ang balikat kong bumalik sa loob ng gymnasium.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 247

**A/N:** Habang nagdadag-dag ako ng chapter, ini-edit ko na rin ang mga naunang chapter. Tinatama ko na yung mga grammar na nire-reklamo....hehehehe

Apat talaga dapat yung i-update ko ngayon. Kayalang nagbago isip ko, inedit ko muna. Masyado pang maaga para palabasin si Keifer—pinabalik ko muna ng London. Next week ko nlng habol yung hindi ko na-Ud.

Thank you so much sa mga wallpaper na ito. @thatAmbivert



# TROPA

ni

EATMORE2BEHAPPY


Ang
Mutya
ng
Section
E

TSS...
-KIEFER


I LOVE
ULUPONGS

# BARAKUDA

Thank you sa cover na ito. @MargaPandaaa


Ang MUTYA NG SECTION E
eatmore2behappy

Thank you for this cover. Found it on Twitter.


ANG
Mutya
NG
SECTION E


ANG
Mutya
NG
SECTION E

Thank you po dito. Michiie.

eatmore2behappy


Ang Mutya
NG
SECTION E
(THE DARK SIDE)

Thank you din dito. @madam_baby

IMGORGEOUSBLACK'SGRAPHXX
EATMORE2BEHAPPY


AMNSE (part 2)
The Dark Side

Thanks din po dito Nia_WP. From Twitter.


Ang
Mutya
Ng
Section E
eatmore2behappy

# Fly

***Jay-jay's POV***

*Unbelibubbles — unbelievable pala!*

Kingina kasi! Ginagalit talaga ako ng school na to. Pina-alis kami ng P.E teacher sa gymnasium. Talagang pinamuka pa samin na hindi kami mahalaga sa school na to.

Ang ending? Kanya-kanya ng uwi. Nabwesit na rin tong mga Ulupong na to at ginaya sila Drew na nauna ng umuwi kanina.

**"Jay."** Tawag sakin ni Yuri. **"...natawagan mo na si Percy?"**

Nag-nod ako sa kanya. **"Papunta na daw sya."**

Ngumiti sya na parang nag-s-sorry sakin. **"Sorry, meron lang talaga akong kailangang lakarin. Gusto sana kitang ihatid sa inyo."**

Kanina kasi dapat isasabay na nya ko pero bigla syang naka-receive ng text message. Pinapa-uwi na daw sya at meron silang pag-uusapan ng Lolo nya. Pinaki-usapan nya ko na tawagan si Percy para maihatid ako pauwi.

*Ayaw nya kong mag-commute.*

Tinapik ko sya sa braso. **"Okay lang, andyan naman si Aries at Percy para ihatid ako."**

Ngumiti sya ng may pag-aalala sakin. **"Gusto ko talaga na masiguro na magiging okay ka. Delikado ang buhay mo."**

*Yung kay Sato pa rin pala! Kailan ba matatapos ang problema ko sa lalaking yon.*

**"Alam ko naman. Pero kagaya nga ng lagi kong sinasabi... Kaya ko sarili ko."** Mayabang na sagot ko sa kanya.

Kahit sa totoo lang, pakiramdam ko anytime may lalapit sakin para kidnappin ako. Pakiramdam ko tuloy hindi ako pwedeng umalis ng walang kasama.

Nakita kong palapit si Ci-N at Felix samin. Buti nalang at hinubad na ng Batang Kumag ang mahiwagang kasuotan nya. Nakakahiya naman kung lalabas sya ng school na ganon ang itsura. Pagkamalan pa syang baliw.

**"Uuwi ka na?"** Malungkot na tanong nya sakin.

**"Oo, alam mo namang delikado ang buhay ko."**

Kelan lang kinumpirma sakin ni Yuri na alam pala ng buong Section E ng pagbabantang nangyayari sakin. Alam din ng Hari yon pero bakit parang wala lang sa kanya?

Napayuko sya at parang lantang gulay na umugoy-ugoy. Malamang to may gustong gawin pero hindi nya magawa.

**"Gusto ko mamasyal kasama ka."** Parang iiyak na sabi nya.

*Yun din gusto kong gawin.*

**"Hindi pwede Ci-N. Kailangan nating masiguro ang kaligtasan ni Jay-jay ngayon."** Sabi ni Yuri.

**"Tama si Yuri. Sumama ka nalang sa paghatid namin kay Jay, kung gusto mo."** Dagdag ni Felix.

Malalim ang naging buntong hininga ni Ci. **"Sige. Anu pa nga ba."**

Pati tuloy ako nahahawa na sa kalungkutan nya. Hindi naman kasi dapat ganon.

Hindi nagtagal dumating na ang baliw kong kapatid na kapatid din ni Felix. Oh diba?! Ang yaman namin sa kapatid.

Nagpaalam na samin si Yuri. Nagbilin pa sya ng magtext ako agad sa kanya kung may mangyari man o kailanganin ko sya.

**"Bakit ang aga ng uwian nyo?"** Tanong ni Percy pagsakay namin sa kotse nya.

Mabilis na nagsalubong ang kilay nya ng makita si Ci-N na kasunod kong samakay sa backseats.

**"Mahabang kwento Kuya."** Sagot ni Felix pero na kay Ci pa rin ang mga mata nya.

**"Bakit kasama nyo yang pandak na yan?!"** Iritableng tanong nya.

**"Sama ako sa paghatid kay Jay."** Proud na sagot nya.

Napangiwi si Percy. **"Tapos ihahatid din kita? Hindi naman yata makapal ang muka natin nyan, ano?"** Sarcastic na sabi nya.

At nagsimula na nga silang magpalitan ng ma-a-anghang na salita. Halos pareho kami ni Felix na pinili nalang tumingin sa labas ng bintana.

Sa totoo lang ayoko pa talagang umuwi. Masyado pang maaga, wala naman akong gagawin sa bahay. Hindi naman siguro masama na mamasyal kahit sandali. Tsaka kasama ko naman sila.

**"Parang ayoko pang umuwi."** Sabi ko at parang aso na ngumiti si Ci sakin.

**"Gala tayo!"** Suggestion nya.

Nilingon ako ni Percy na puno ng pagtataka. **"Sigurado ka dyan?"**

**"Tama si Kuya, delikado kung pagala-gala ka lang sa labas."** Dagdag ni Felix.

**"Kasama ko naman kayo, hindi nyo naman ako papabayaan diba?"** Sabi ko na may paawa effect pang kasama.

Nagtinginan si Felix at Percy na parang sang-ayon sa sinabi ko. Nagtwinkle-twinkle na ko ng mata para dagdag pang-kumbinsi.

**"Sige. Pero dun nalang siguro tayo sa hindi masyado matao."**

Pare-pareho kaming tumingin kay Percy. **"Saan naman?"** Tanong ko.

**"Teka, isipin ko."**

Narinig ko ang pagtikhim ni Ci mula sa tabi ko kaya napatingin ako sa kanya.

**"Hindi na tayo makaka-alis."** Bulong nya. **"...iisipin daw nya, eh wala naman kaya syang isip—."**

Agad kong tinakpan ang bibig nya. Kapag narinig sya nitong driver namin panigurado'ng mag-aaway na naman sila. Baka abutin pa kami ng syam-syam dito.

*Baka gabi na andito pa kami at nag-aaway pa sila.*

**"Alam ko na."** Sabi nya at pina-andar ang kotse.

Tinignan ko si Felix sa pagbabakasali na may clue sya sa sinasabi ni Percy pero mukang pati sya wala ding alam.

Binitiwan ko ang bibig ng katabi ko at sinenyasan syang wag magsasalita. Baka kasi kalokohan na naman ang lumabas sa bibig nya.

Hinintay lang namin kung saan kami dadalin nitong baliw kong stepbrother. Tumingin-tingin ako sa labas at ng mapansin kong nagsisimula ng hindi maging pamilyar sakin ang mga kabahayan at gusali, kinalabit ko na sya.

**"Asan tayo? Saan punta?"**

**"Edi sa pasyalan at wala masyado tao don."** Sagot nya sakin.

Nagkibit balikat nalang ako at hinayaan sya. Kung saan man nya kami dadalhin bahala na si batman. Wag lang talaga kalokohan to susundutin ko mata nya.

*Gagawin kong pula yung blue eyes nya.*

Patuloy sa pag-andar ang kotse. Nakatingin ako sa labas ng bintana at napatuwid ako ng puo ng meron akong makita. Puro bata na nagtatakbuhan, mga batang nasa 4 o 6 taong gulang. Mga naka-uniporme pa sila na sa palagay ko ay private school galing.

Unti-unti'ng bumagal ang takbo ng kotse at huminto. Sunod-sunod kaming lumabas sa kotse at halos sabay-sabay din ang naging reaksyon namin.

**"Seryoso? Dito?"** Iritableng tanong ko kay Percy.

Nakangiti pa sya sakin habang nag-nod. Kunot ang noo ni Felix na tumingin sakin. Feeling ko gusto na nyang kutusan si Percy. Tinignan ko naman ang Batang Kumag, sya lang ang mukang masaya sa nakikita nya.

*Dalin ba naman kami sa Playground.*

**"Gusto ko dito!"** Masayang sabi ni Ci habang naka-approve sign pa sa daliri.

**"Diba? Pasyalan! Walang masyadong tao!"** Proud na sabi ni Percy habang nakaturo ang dalawang kamay sa paligid.

**"Tulok mo!"** Sigaw ko sa kanya. **"...kundi ka ba naman....*Haizzt!!*"**

**"Ginawa mo naman kaming bata!"** Dagdag ni Felix.

Kaya pala may mga bata sa daan kanina. Niligid ko ang mata ko at ang malaking gusali sa hindi kalayuan ang nakita ko. May malaking pangalan yon.

*Hopes and Joy school of learning.* Isang kinder garden. Mukang sa kanila ang palaruan na to.

**"Weeeeeee..."** dinig kong sigaw ni Ci.

Ang bilis ng luko, nakasakay na agad sa swing at naglalaro na.

**"Buti pa sya masaya... yung mga kapatid ko, hindi."** Parinig ng kulokoy na Blue eyes.

Inirapan ko nalang sya at lumapit kay Ci para umupo sa katabi nyang swing. Enjoy na enjoy ang luko habang nilalakasan ang pag-swing.

*Sana hindi ka sana lumipad.*

Nag-swing nalang din ako pero hindi kasing lakas ng sa katabi ko.

**"Jay! Tignan mo! Lumilipad ako!"** Sabi nya habang mas nalalakasan.

Napatingin ako sa magkapatid ng ma-upo sila sa sisow. Wala silang nagawa kundi ang maglaro din. Nag-tyaga nalang sila don.

*Ay grabe! Nag-eenjoy talaga ako dito!*

Hindi pa ako sarcastic nyan. Medyo lang.

**"Ay gago!"** Sigaw ni Felix.

Nasa taas kasi sya at ayaw ibaba ni Felix. Pwede naman syang tumalon pero tuwing tatangkain nya binaba ni Percy ang side nya.

**"Kuya! Gago ka! Ibaba mo ko!"** Sigaw ulit nya.

Natawa nalang ako sa kanila. Lumalabas na kasi ang pagiging isip bata nila. Eto namang katabi ko, literal na bata kaya wala na kong dapat intindihin sa kanya.

Nakigaya na rin ako sa pag-swing. Nilakasan ko na rin at halos maghabulan na kami ng taas ng naa-abot ng paa.

**"Wwweeeeee... hahahahahaha."** Sabi ko at natawa na rin si Ci.

**"Diba? Sabi sa inyo masaya dito."** Sabi ni Percy habang iniinis pa rin ang kalaro.

**"Oo na! Ibaba mo na ko!"**

Nagpalakasan pa kami lalo hangang sa bigla nalang syang tumalon ng tumaas ng husto ang swing. Muntik na kong mapasigaw sa pag-aakalang lalagapak sya sa lupa pero parang kasali sa acrobat ang luko at lumanding sya sa lupa habang nakataas ang dalawang kamay.

*Wow... pasikat ang luko.*

**"Angas!"** Papuri ni Percy sa kanya.

Malawak ang ngiti nya ng humarap sakin habang tuma-taas-taas pa ang kilay. Proud na proud sa ginawa ang luko.

**"Sira-ulo ka!"** Sigaw ko.

**"Galing ko no!"** Pagyayabang pa nya.

Inirapan ko sya. **"Akala mo naman. Ang dali lang kaya non."**

Ginagawa ko na yon dati pa. Mas mataas pa. Nilakasan ko din ang pag-swing at sinigurado kong mas mataas sa naabot nya kanina.

**"Hoy Jay! Delikado yan!"** Puna sakin ni Percy.

Hindi sila pinansin at nagpatuloy lang. Nang makakuha ng magandang tyempo tumalon ako mula sa swing.

*Patay!*

Yun nga lang sumabit ang paa ko sa upuan ng swing. Ayun! Lagapak ako, una muka.

**"Aaaggkkkk!"** Sigaw ko.

**"Shit!"** Dinig kong sigaw ni Percy.

**"Jay!"** Sigaw ni Felix kasabay ng sigaw namin.

**"HAHAHAHAHAHAHAHA!!!"** Pasigaw na tawa ng Batang Kumag.

Dahan-dahan akong bumangon mula sa katangahan ko. Ang sakit ng muka ko at balikat na syang unang tumama sa matigas na lupa. Pag-angat ng muka ko, kaharap ko na ang tatlo na nagpipigil ng tawa.

*Tang'nang kahihiyan to! Yabang kasi!*

**"A-aray ko..."** mangiyak-ngiyak na sabi ko sabay hawak sa noo, ilong at nguso ko.

Nalasahan ko rin ang kaunting lupa mula sa ngipin ko. Buti nalang at hindi dumugo ang pagmumuka ko.

**"G-gusto mong p-pumunta ng ospital?"** Natatawang tanong ni Percy.

Tinignan ko sya ng masama. Halata namang kasing gusto na nyang tumawa ng malakas.

**"H-hindi ka n-naman nahihilo?"** Tanong ni Felix habang pilit pinipigilan ang matawa.

Ganun din ang ginawa ko sa kanya. Kulang nalang murahin sya ng mata ko para madama na naiinis ako sa ginagawa nila. Namumula ang mga muka at nanlalaki na ang mga butas ng ilong nila dahil sa pagpipigil.

Walang nagsasalita samin hangang sa biglang kumanta si Ci-N.

**" I believe I can fly... I believe I can touch the sky... "**

*Kingina tong Bata na to!*

Hindi na nakapag-pigil pa ang mga luko. Malakas ang tawanan nila. Napahiga na sa sahig si Felix at napaluhod naman si Percy. Para silang malalagutan ng hininga sa kakatawa.

Ano pa nga ba ang aasahan ko sa mga to? Pinagpag ko nalang ang damit ko sabay punas ng panyo sa muka. Kahit sa totoo lang, naiiyak ako.

Naiiyak ako sa sakit ng muka ko. Naiiyak ako dahil pakiramdam ko tumilapon din ang dignidad ko palayo sakin. Naiiyak ako dahil dito sa tatlong unggoy na to.

*Putik! Gusto ko na umuwi.*

Napatingin ako sa likod ng tatlong unggoy ng mapansin kong may malapit samin. Tuloy pa rin sila sa pagtawa sakin kaya hindi na nila nakita ang parating.

**"Ayos ka lang Jay?"** Tanong nya.

Nag-angat ng tingin si Ci-N sa kanya. **"Dabid!"** Bati nya.

Sakin pa rin sya nakatingin. **"Nakita ko yung nangyari sayo. Ayos ka lang?"**

*Sige. Dagdagan nyo pa kahihiyan ko.*

Taka ako napatingin sa kanya. Ganun din sila Felix, Percy at Ci-N. Dahil kasi don sa salita'ng '*nakita*'. Panu mangyayari yon? Walang tao sa paligid kanina. Kaya nga malakas din ang loob naming maglaro dito sa playground.

**"Saan mo ko nakita? Asan ka ba kanina?"** Sabi ko habang tumatayo.

Patuloy pa rin ako sa pagtanggal ng dumi sa damit ko. Tumayo na rin sila Felix.

Tinuro ni David ang gusali ng paaralan na nakita ko kanina. **"Mula don."**

Halos sabay-sabay kaming napa-'*Ha?*'. Ano to? Eagle eye? Kahit nasa malapit lang yung building hindi naman nya kami makikilala mula don.

**"Kita kasi kayo sa cctv."** Dagdag nya sabay turo sa poste sa tapat lang namin. **"...napatakbo ako ng makita yung nangyari sayo."**

*Whut? Cctv?! Tang'na!*

Ayos! May record pa talaga ng katangahan ko.

**"May cctv sa playground?"** Tanong ni Felix. **"...bakit may cctv dito?"**

**"Para masiguro yung safety ng mga student namin."**

**"Namin?"** Tanong ni Ci.

**"Samin ang school at playground na to."** Paliwanag nya at lumapit sakin.

Kumuha sya ng panyo mula sa bulsa nya at pinunasan ang muka ko.

**"Namumula ang noo at ilong mo."** Sabi nya.

Nakakaramdam talaga ako ng hapdi mula sa noo ko. Wag naman sana nagkaroon ng gasgas ang feslak ko. Sayang ang ganda ko.

**"May sugat ba?"** Tanong ko.

**"Galos, pero maliit lang."** sagot nya at tinigil ang pag-punas sa muka ko. **"...mabuti pa ipatingin natin yan sa school nurse."**

**"Hindi na."** Tanggi ko. **"...wala naman ng masakit sakin."**

**"Sigurado ka dyan?"** Tanong ni Percy. **"...sa ospital nalang kaya natin patingin. Papa-CT scan kita."**

Napairap ako sa kanya. Ngayon CT scan samantalang ang lakas ng tawa nya kanina. Pakiramdam ko tuloy aping-api ako, muntik pa kong maiyak sa inis.

*OA, ospital agad.*

**"Hindi na. Okay naman ako."**

**"Patingin na natin."** Pagpipilit nya. **"...kawawa naman ang ulo mo, wala na ngang laman tapos tumama pa."**

Mabilis ko syang nilapitan at sinabunutan.

**"Gago ka kamo!"**

**"Aray! Yung buhok ko!"** Reklamo nya bago ko sya bitawan.

**"Tado ka eh."**

**"Ayan, nakapanakit na. Okay na sya!"** Pang-aasar ni Ci. **"...balik sa paglalaro. Dun ako sa slide."**

Nagtatakbo na ang Batang Kumag sa slide. Mag-isa syang naglaro don pero kahit ganon, todo smile pa rin sya.

Napailing nalang si David sa kanya. Si Percy at Felix naman bumalik sa sisow. Sa pagkakataon na to gumanti naman si Felix sa kanya. Hinarap ko si David na nakatingin sakin at parang nag-o-obserba.

**"Salamat sa pag-aalala mo. Okay lang ako. Promise."** Sabi ko sabay ngiti.

Nag-nod sya. **"Mabuti nalang at walang nangyaring masama sayo. Una pa naman ang muka mo."** Parang nang-aasar ang tono nya.

Napangiwi ako. **"Solid nga eh. Buti nalang makapal ang muka ko."**

*Sing kapal ng mamon.*

Bahagya syang natawa. **"Ikaw kasi. Extreme sports pala hanap mo."**

Ay sige! Mang-asar ka pa. Dama ko yan. Damang-dama!

**"Ginaya ko lang naman si Ci."** Palusot ko habang naka-yuko.

Napailing sya habang natatawa. Wag lang talaga nya papanoorin sa replay yung nangyari sakin isusumpa ko sya.

Tinignan ko yung gusali na paaralan nila. **"Hindi ko alam na may sarili pala kayong school. Yaman!"**

**"Sa Tito ko talaga ang school na yan pero binenta na nya sa family namin."** Paliwanag nya.

Nag-nod naman ako. **"Eh umaano ka naman kanina at pinapanood mo kami sa cctv?"**

**"Tinuro kayo ng security guard sakin. Kapareho ko daw kasi ng uniform."**

*Ay ang taray ng security nila.*

**"JAY-JAY!"**

Parang naka-stereo ang lalamunan nitong si Ci-N. Sobrang lakas ng sigaw nya na parang may naaksidente. Napatalon tuloy sa sisow sila Felix at Percy sa pag-aakalang may nangyari ng masama.

**"Anu ba yon? Makasigaw ka naman!"** Inis na sabi ko habang palapit sa kanya.

Tumatakbo naman sya palapit sakin. **"May nakita ako!"**

**"Ano?!"**

**"Ano'ng nakita mo?"**

**"Chicks ba?"**

Halos sabay-sabay na tanong namin nila Percy. Naka-cross arm lang naman si David habang nakatingin sa kanya. Nakaturo si Ci sa malayo at parang hindi makapaniwala sa nakita.

**"N-nakita ko! M-may...ano!"**

**"Anu nga!"** Inis na sabi ko.

*Pa-thrill tong Batang to!*

**"May nakita akong naglalako ng ice cream!"** Nanlalaki pa ang mata nya.

Naitaas ko ang kamao ko at muntik na syang masuntok sa muka. Kung hindi ba naman kasi! Akala ko kung ano na yung nakita nya tapos ice cream lang pala.

**"Kausapin mo yan Jay. Sasaktan ko yan."** Sabi ni Felix.

**"Saktan mo na. Hindi ka namin pipigilan."** Sagot ni David.

Napansin ko si Percy na palapit kay Ci. Seryosong-seryoso ang muka nya. Nang makalapit, huminto sya at pinatong ang isang kamay sa balikat ng Batang Kumag.

Akala ko kug anong gagawin nya. Expected ko na napikon na sya at may balak syang saktan yung isa pero nagsimula syang magsalita na ipinagtaka namin.

**"Sabihin mo ang totoo."** Seryosong sabi nya.

Pati si Ci nagtataka narin sa kanya.

*Mukang nababaliw na naman sya.*

**"Sabihin mo."** Pag-uulit nya na parang may galit na. **"...sabihin mo sakin!"**

**"A-anung sasabihin k-ko?"**

**"Sabihin mo kung nasan ang ice cream!! Ituro mo!"** Sigaw nya at animong mahalagang tao ang hinahanap nya.

Hinawakan ni Ci ang balikat nya. Malungkot ang muka at parang iiyak.

*Parang alam ko na kung saan papunta ang eksenang to.*

**"Masakit mang sabihin to pero..."** huminga sya ng malalim. **"...naka-alis na! Malayo na sya mula dito!"**

Bigla nalang umatungal si Percy. Daig pa nya nawalan ng mahal sa buhay sa pag-iyak. Wala namang luha.

**"Hindi! Hindiiii....Bakit kailangang mangyari to?!"** Sabi pa nya at napaluhod na.

Sinabayan naman sya ni Ci-N sa kalokohan. Umiyak-iyak din ang luko.

**"Wala na tayong magagawa. Malayo na sya!"** Sabi nya.

Lalu pang umatunggal ang luko. **"Bakit hindi mo sinabi agad?!"**

**"Sinubukan ko pero mabilis ang kilos nya."**

Pare-pareho naming nasampal ang mga noo namin. Kagaya nga ng sinabi ko dati, hindi talaga pwedeng magsama ang dalawa na to.

**"Ang O.A nyo!"** Inis na sabi ni Felix.

**"Stop the drama. Ayan na yung ice cream vendor."** Sabi ni David at sakto naming narinig ang kanta ng ice cream.

Parang may pitik sa utak ang dalawa. Mabilis na tumayo at nagseryoso ng muka. Nang matanaw yung ice cream vendor nag-unahan pa sila sa paglapit. Muntik pang madapa si Percy.

**"Yup... they are ready to die for ice cream."** Umiiling na sabi ni David at tumingin sakin. **"...gusto mo ba?"**

*Sinong aayaw sa ice cream.*

**"Ako, hindi mo aalukin?"** Tanong ni Felix.

**"Hind na. Alam ko namang gusto mo din."**

Mabilis na sumibangot itong isa. **"Kapag si Jay-jay ang bilis-bilis mo. Sumbong kaya kita dyan kay—."**

Hindi na nya natuloy ang sasabihin ng makitang nakatingin ako sa kanya. Ngumiti lang sya at lumakad na palapit kila Percy.

Anung ibig nyang sabihin? Pati sya may contact kay Keifer. Ang galing! Ang galing-galing!

Binalingan ko si David at tinignan ng masama. **"Hoy! Ikaw! May contact ka rin ba si pesteng Ulupong na yon?!"**

Bigla syang umiwas ng tingin. **"Well... He called me once but it never happened again."**

Abaka matinde!

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 248

**A/N:** Mukang aabutin ng 2years ang AMNSE. Hahaha wag naman sana! Excited na kong isulat ang story ni Angelo.

Thank you po sa cover. Bellesky_22

AMNSE: THE DARK SIDE
@eatmore2behappy
i will never let you go

AMNSE:


AMNSE:
THE DARK SIDE
@eatmore2bahappy

# AMNSE: THE DARK SIDE

@eatmore2behappy

# AMNSE: THE DARK SIDE

@EATMORE2BEHAPPY

Thanks din po dito. Msnotsokindgirl


Ang Mutya ng Section E
THE DARK SIDE
By:Eatmore2behappy

BY:EATMORE2BEHAPPY
MARK KEIFER WATSON
JASPER JEAN "JAY-JAY" MARIANO
ANG MUTYA
NG
YURI HANAMITCHI
Section E
THE DARK SIDE

Thanks din po dito. jcfeb28

PIC•COLLAGE
ang mutya ng
section E
dark side
by:eatmore2behappy

ang mutya
ng section E
the darkside
by:eatmore2behappy

Thank you po dito. @scarlt_cacai26

Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

# Ang Mutya ng Section E

## DARKSIDE

by:eatmore2behappy

ANG MUTYA NG SECTION E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng Section E
DarkSide
by:eatmore2behappy

Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2beahappy


Ang Mutya ng Section E
DARKSIDE
by:eatmore2behappy

# Dora vs Diego

***Jay-jay's POV***

**"Eto po bayad."** Sabi ni David habang inaabot ang pera sa ice cream vendor.

Nagpasalamat naman yung lalaki sa kanya bago umalis. Pagharap nya sakin natigilan agad sya.

*Matunaw ka sa tingin ko. Kingina mo!*

**"B-bakit?"** Tanong nya.

**"Naiinis ako..."** mahinahon kong sabi sabay kuha ng ice sa kamay nya. **"...salamat dito."**

Tinalikuran ko na sya at naglakad papunta sa kahihiyan ko. Kung saan lumagapak ang muka ko. Kainis kasi!

Minsan na nga lang mag-yabang ganun pa yung nangyari. Sana man lang pinagbigyan ako kahit minsan.

Naupo ulit ako sa swing at sinimulang lantakan ang ice cream. Huli ko na napansin na sumunod pala sakin si David.

**"Bakit ka naiinis? May ginawa ba ko?"** Tanong nya at naupo sa swing na katabi ko.

Inirapan ko sya. **"Naiinis ako dahil kayo nakaka-usap nyo yung Hari. Samantalang ako, nga-nga!"**

Napailing sya habang natatawa. **"Like what I said before, he called me ONCE."** May diin talaga yung huling salitang sinabi nya.

**"Kahit na! Minsan ko lang ding syang nakausap tapos hindi man lang ako kina-musta!"** Reklamo ko.

*Punyeta ka talagang Hari ka!*

Isang buwan ang sabi nya sakin pero bakit pakiramdam ko isang taon na ang nakalipas kahit linggo pa lang talaga. Pag-balik talaga ng ugok na yon, sisipain ko sya sa muka.

**"Kinamusta ka nya sakin."** Sagot nya na nagpatigil sakin.

Sakto pa namang naka-dila ako sa ice cream.

**"Kinamusta nya ko sayo? Seryoso?"**

Nag-nod sya. **"Binantaan din nya ko."**

*Binantaan?!*

**"Tungkol naman saan?"**

**"Sabi nya wag daw kitang popormahan. He will punch my soul out of my body."**

Ay wow! Likas talaga ng pagiging Gago ng Hudas na yon. Kundi ba naman talipandas ang hudlong. Binantaan nya si David matapos akong kamustahin? Binantaan nya yung taong nag-aasikaso sakin na dapat sya ang gumagawa.

**"Tarantado'ng yon."** Sabi ko at pinagpatuloy ang pagkain.

Napatingin ako kila Ci-N at Percy ng mapansin kong tahimik sila. Ganun din si Felix na kasalukuyang kumakain ng ice cream. Nagpabili din kasi sya kay David.

*Busy ang mga ugok.*

Tinitigan ko si Ci. Sya lang ang namumukod tanging may kakayahang kontakin ang pesteng demunyung Hari ng mga Ulupong. Pero pinagkakaitan nya ko na tulungan ako'ng maka-usap sya. Utos daw kasi sa kanya.

**"Tingin mo ba, babalik pa sya?"** Tanong ko kay David ng hindi tumitingin sa kanya.

**"Dipende."** Sagot nya na pinag-taka ko.

Kunot noo akong humarap sa kanya. **"Panu'ng dipende?"**

Naging seryoso ang mga tingin nya sakin. **"Dipende kung may babalikan pa ba sya."**

Sinabayan ko ang mga tingin nya. Alam ko ang ibig nyang sabihin. Alam kong ako ang tinutukoy nyang babalikan ng impaktong yon.

Napa-isip ako. May babalikan pa nga ba sya? Magkabila ang problema, idagdag pang may nagtatangka sakin. Panu kung....huli na ang lahat pagbalik nya?

**"Ewan."** Sagot ko sabay iwas ng tingin.

Pinagpatuloy ko ang pagkain ng ice cream na unti-unti ng natutunaw. Pati pasensya ko baka maging ganito na rin. Natutunaw na sa inis ko sa bwisit na lalaki na yon.

*Kingina kasi!!*

Potaena nya talaga! Pagbalik nya dito, kung sakali mang alive and kicking pa ko—papalubugin ko sya sa mura. Hinayupak sya!

Matapos maubos ang ice cream sinubukan kong maghanap ng tissue sa bag ko. Kayalang mukang naubos na.

**"Oh."** Walang ganang sabi ni David habang inaabot ang panyo. **"...wag mo na ibalik, sayo na."**

Tinignan ko muna yung hawak nya bago kuhanin. **"Ikaw na marami pambili ng panyo. Salamat."**

Pinunasan ko na yung bibig at kamay ko. Ibabalik ko pa sana sa kanya ng maalala ko yung sinabi nya. Wag na daw ibalik. Iba talaga ang rich kid.

**"Anu oras kaya sila matatapos?"** Tanong nya habang nakatingin kila Percy at Ci.

Tinignan ko rin yon at nagsalubong ang kilay ko ng mapansin kong nag-aaway sila. Kanina lang tahimik sila—ubos na siguro yung kinakain nila. Mabilis akong tumayo at lumapit sa kanila.

**"Mas magaling si Dora, nakakapunta sa kahit saan!"** Inis na sabi ni Ci.

**"Si Diego! Nagliligtas ng kauri mo yon!"** Bawi naman ni Percy.

Napangiwi ako at hinanap si Felix. Nakita ko naman sya sa hindi kalayuan at kulang nalang mapermanente na yung reaksyon nya sa muka nya.

Halata kasing hindi sya natutuwa at gusto ng manampal ng Kuya. Muli kong tinignan ang dalawang walang humpay sa pagtatalo.

**"Wag ka epal! Hindi naman makalabas ng gubat si Diego!"**

**"Kesa naman kay Dora hindi nagpapa-alam sa magulang!"**

**"Puro hayop lang naman ang nakakaharap ni Diego!"**

**"Si Dora mukang hayop! May mapa pa—hello?! GPS na kaya!"**

**"Hello?!"** Pang-gagaya nya kay Percy. **"...survival training yon kapag wala signal ang GPS!"**

Kulang nalang pumitik-pitik ang kilay ko pataas. Napaka-walang kwenta ng pinag-aawayan nila. Napapabuntong hininga nalang kami sa ginagawa nila.

**"Hello?!"** Singit ko sa kanila. **"...napakababaw nyang pinag-aawayan nyo!"**

Lumapit sakin si Ci at nag-pout. **"Sya kasi! Inaaway nya si Dora!"**

**"Talaga namang mas maganda yung show ni Diego!"** Pagpipilit ni Percy.

**"Nagtalo pa kayo? Pareho namang walang saysay yan! Mas maganda si Pepa Pig!"** Inis na sabi ko.

*Oo...sige, Jay! Sumali ka!*

Ang papanget ng mga show na sinasabi nila. Mga luma naman yung mga yon. My gad! Grade school pa ata ako nung pinalabas yung mga yon.

**"Wow Jay, ang ganda ng cartoon na sinabi mo."** Sarcastic na sabi ni Felix.

**"Panget din yon!"** Galit na sigaw ni Percy. **"*Dadey! George iz miszing!*"** Sabi nya habang ginagaya ang accent nila Pepa.

Napangiwi ako. Ang pangit pala nya kapag ganun sya magsalita. Hindi bagay sa kanya ang may accent.

**"Seriously?!"** Iritableng tanong ni David. **"Mag-aaway talaga kayo ng dahil sa mga show na yan?"** Napailing-iling sya. **"...childish."**

Tinignan sya ng masama ni Ci. **"Bakit ikaw? Ano pinapanood mo?"**

**"Care bear."** Walang alinlangan nyang sagot.

Halos sabay-sabay kaming napahagalpak ng tawa. Muntik pa kong mapa-upo sa sahig dahil sa panlalambot. Maging sila Percy at Ci-N ay napahawak sa tuhod. Napapailing-iling naman si Felix.

*Childish daw, sya rin naman pala.*

May ilang minuto din kaming nagtatawanan ng marinig ko ang cellphone ko na tumutunog mula sa bag. Kinuha ko yon at tinignan kung sino ang tumatawag.

***Horoscope calling...***

Nanlaki ang mata ko ng makita ang pangalan nya. Sasagutin ko na sana pero kusa ding namatay. Dun ko lang din nakita na tadtad na pala ng text messages ang cellphone ko.

30 messages mula kay Aries. 5 naman galing sa GagongBaliw. 1 naman galing sa unknown number.

Bigla nalang akong kinabahan dahil sa unknown number na yon. Kusang gumalaw ang mga daliri ko para buksan ang messages nya.

**From:** *+639**********
**Message:** *keep playing, I'm watching you.*

Nanginig ang kamay ko kasabay ng mabilis na tibok ng puso. Ayokong iligid ang paningin ko dahil natatakot akong makita sya dito.

Akala ko ligtas ako kapag kasama ko ang mga kaibigan ko pero mukang hindi ganon. Alam kong hindi na dapat ako matakot dahil isiniksik ko na sa isip ko yon pero......*kingina lang!* May impact pa rin sakin yung mga death threats nya.

**"Jay..."** tawag sakin ni Percy. **"...may problema ba?"**

Mabilis akong umiling. **"Si Aries kasi, pinapa-uwi na ko."**

Tinignan ni David ang relo nya. **"Kailangan ko na rin pa lang bumalik. Ingat kayo sa pag-uwi."** Sabi nya at naglakad na pabalik sa building ng school nila.

**"Uuwi na tayo?"** Malungkot na tanong ni Ci.

**"Oo, tama na ang paglilibang. Masama'ng makampante lalo na para sa buhay ni Jay."** Sabi ni Felix.

Napayuko naman yung Batang Kumag. **"Ay..."**

Naglakad na palapit sakin si Percy. Naging kakaiba ang tingin nya na para bang alam nya ang tunay na dahilan ko.

**"Uwi na. Baka gabihin din tayo."** Sabi nya at nilagpasan ako. Hahahahaha

Sumunod naman kami sa kanya. Sa pagkakataon na yon hindi ako tumingin sa kahit na anong doreksyon. Tuloy-tuloy lang ang lakad ko habang tanging likod lang ni Percy ang sinusundan ko.

Huminto sya sa tapat ng kotse nya. Kasunod parin namin sila Ci. Pagbukas ng pinto mabilis akong sumakay. Ramdam ko ang pagtataka nila.

**"Uwi'ng-uwi ka na ba?"** Tanong ni Felix.

Alanganin akong ngumiti. **"Medyo. Nagagalit na kasi si Aries."**

Nang makasakay na kaming lahat pina-andar na ni Percy ang kotse. Panay ang salita ni Ci-N at nag-re-request na bumalik don. Hindi ko na magawang intindihin ang sinasabi nya.

Sya ulit ang una naming hinatid sa condo nya. Naging tahimik na kami—sa wakas. Pero hindi pa rin mawala ang nararamdaman ko.

*Relax lang Jay.*

Nakarating na kami sa bahay at mabilis akong nagpaalam at nagpasalamat sa kanila. Patakbo akong pumasok sa bahay at muntik pa kong madapa.

**"JAY-JAY!"**

**"Ay kabayong palaka!"** Sigaw ko dahil sa gulat.

Kundi ba naman kasi! Kailangan talaga naninigaw?!

*Putik! Kala ko nalaglag ang puso ko!*

**"Where the fvck have you been?!"** Galit na tanong sakin ni Aries.

**"S-sa ano.... dyan sa... nag-ano k-kasi—."**

**"Ano'ng nangyari sa muka mo? Bakit namumula ang noo at ilong mo? Gasgas ba yan?"** Sunod-sunod na tanong nya habang lumalapit sakin.

Hinawakan nya ko sa panga at pinatingala para maiharap ang muka ko sa kanya. Tinignan nyang mabuti ang muka ko.

*Panu ko kaya sasabihin sa kanya na lumagapak ako at una ang muka?*

Binitiwan nya ang muka ko at hinawakan ako sa kamay. **"Tara nga."** Medyo inis na sabi nya.

Hatak-hatak nya ko papunta sa kusina. Puno ng pagtataka ang itsura ko. Hindi ko alam kung bakit pero naninibago pa rin ako sa mga kilos nya.

Pagdating don pina-upo nya ko sa isa sa mga stool bago lumapit sa mga drawer. Naghalungkat sya ng kung ano don bago lumapit sa ref at nanguha ng yelo.

Salubong ang kilay nya na lumapit sakin hawak ang isang ice bag.

**"Saan ka ba kasi sumuot?"** Inis na tanong nya bago idikit sa noo ko yung hawak nya.

Hinawakan ko yung ice bag para bitawan nya. Halata pa rin ang pagka-irita nya.

*Sorry naman. Minsan talaga uso din ang tanga.*

**"Nagpasikat kasi ako. Kayalang lumagapak ako."** Mahinang paliwanag ko.

Napataas ang isang kilay nya. **"Don't tell me, una ang muka mo?"**

Hindi ako sumagot. Don't tell me daw eh. Edi don't tell. Unti-unti sumilay ang nakakainis na ngiti sa labi nya.

**"Seriously?!"** Hindi ulit ako kumibo at nagsimula na syang tumawa ng malakas. **"...Ang tanga!"**

Mabilis ko syang tinignan ng masama habang binaba ang ice bag. Napaka nitong tao na to! Tanga talaga?! Hindi ba pwedeng aksidente lang?

*Yes! It's an accident!*

Ang sarap nyang panooring tumawa tapos hahambalusin ko yung muka nya. Kayalang pag-ginawa ko yon malamang tamaan ako ng matindi-tindi sa kanya.

May ilang minuto din syang tumawa bago kumuha ng tubig para uminom. Napapailing pa sya habang naglalakad palapit ulit sakin.

**"So, did you learn something from your own stupidity?"** Tanong nya habang naka-cross arm.

Nag-nod ako. **"Wag papatol sa kayabangan ng bata."**

Taka nya kong tinignan. **"Bata?"**

**"Si Ci-N. Nag-feeling acrobat kasi sya sa swing tapos naki-gaya ako."**

Unti-unti'ng nawala ang ngiti sya. Napayuko sya sandali bago alisin ang mga braso sa pagkaka-pwesto. Dumiretso din sya ng tayo.

**"Kasama mo pala sya. Let me guess. Kasama mo din si Percy."**

Napaiwas ako ng tingin. Alam ko namang masama ang loob nya kay Percy pero wag naman sana nyang ipahalata na hindi okay sa kanya na malaman na magkasama kami.

**"Pipilitin mo ba kong iwasan sya?"** Hindi ko matago ang bakas ng kalungkutan sa boses ko.

**"Dati ko pa sinabi sayo na iwasan sya diba? Ginawa mo ba? Tsaka ngayon pa, kung kelan may nagtatangka sa buhay mo."**

*Oo nga naman.*

Pero may bahagi ko pa rin ang nanghihinayang. Kailangan kong iwasan na magkwento sa kanya kapag kasali si Percy.

**"Hindi na ba kayo magbabati?"** Seryosong tanong ko.

Kinuha yung ice bag sa kamay ko at sya ang nagdikit sa noo ko. Ngumiti sya ng pilit.

**"Hindi na siguro. Magirap buoin ang samahan na nagkalamat na."**

Pero ramdam ko ang panghihinayang sa boses nya. Ramdam ko na may bahagi nya na gusto ring balikan yung dating samahan nila. Ramdam ko at kita ko sa mga mata nyang malungkot na nakatingin sa kamay nya'ng may hawak ng ice bag.

*Kung may magagawa lang sana ako para sayo.*

**"Saan kayo nag-room kanina? Wala kayo sa auditorium o gymnasium."** Pag-iiba nya sa usapan.

Napangiwi ako. Mukang hindi nya alam na pina-alis kami sa gymnasium kanina. Ayoko'ng palalain ang nangyari.

**"M-maaga kaming pina-uwi. Home study nalang yung ibang lecture."** Sagot ko sabay ngiti.

Parang alanganin ang itsura nya kung tatanggapin ba nya ang sinagot ko. Sa huli pinili nalang nyang magkibit ng balikat.

Nang matunaw na yung yelo sa ice bag, tinapon na nya ang laman non at binalik naman sa drawer. Naghugas din sya ng kamay.

**"Magbihis ka na. Papahanda ako ng miryenda sa mga Maid."** Utos nya sakin.

*Pagkain!!*

Nag-nod ako at tumalon mula sa stool na inuupuan ko. Maglalakad na sana ako palabas ng kusina ng tawagin ulit ako ng mahiwagang kapalaran.

**"Yes?"** Sagot ko.

**"Kaninong number yung tinawagan mo kagabi?"**

Sa GagongBaliw. Gusto ko sanang sabihin sa kanya yon kayalang baka pareho lang sila ng sasabihin ni Yuri.

Baka utusan lang din nya ko na wag na kausapin ang lukong yon. Kaya ayokong ipalaam don sa isa eh.

Ngumiti ako sa kanya. **"Sa isang kaibigan. May pinasabi lang ako."**

Nag-nod sya bilang pagtanggap sa sagot ko. **"How about Keifer? Do you have a contact with him?"**

Napayuko ako bago umiling. **"Wala akong contact sa kanya."**

At yun ang masakit na katotohanan. Wala akong narinig na salita mula sa kanya kaya tinignan ko sya. Nakatitig sya sakin na para bang meron syang inaalam.

**"Bakit?"** Tanong ko at mabilis syang umiling.

**"Natanong ko lang."** sagot nya at sinenyasan akong magpatuloy na.

Nagkibit balikat nalang ako at patakbong nagpunta sa kwarto ko. Mabilis akong nagpalit ng damit pero hindi muna ko lumabas. Kinuha ko yung cellphone ko at tinignan ang mga messages na karamihan ay galing kay Aries.

Pero hindi yun ang una kong tinignan. Yung text ng GagongBaliw.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Just wait and we'll finally be together.*

Ang weird ng text nya. Anung sinasabi nyang together? Ang lakas ng tama ng isang to sa utak.

Nireplyan ko sya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Pinasbi mo ba yung mensahe q ky Keifer?*

Hinintay ko ang magiging sagot nya. Hindi naman ako nabigo dahil ilang sandali lang at dumating ang sagot nya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Yes.*

Ang tipid ng sagot! Jusme! Hindi man lang sabihin sakin kung anu reaksyon ng luko.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Anu sv?*
(Anu sabi?)

Tutok ang mga mata ko sa screen ng cellphone ko. Kulang nalang magsanib pwersa na yung muka ko at etong cellphone ko. Buti nalang at hindi nagtagal ang reply ng luko.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I Love You*

Napatitig at napakurap-rap pa ko bago mag-sink in sa utak ko yung reply ng GagongBaliw. Sa simpleng text na yon. Bakit parang iba ang impact sakin?

*Bakit parang sya ang nagsabi non at hindi si Keifer?*

O baka naman talagang sya ang Hari ng mga Ulupong? Kailangan ko na talagang maka-isip ng paraan para malaman kung tama nga ang hinala ko.

Manghingi na kaya ako ng tulong. Kay Yuri, Percy o kaya kay Aries. Kahit sino sa kanila, basta sureness na matutulungan ako.

Hindi ko na nireplayan ang ugok. Pabato kong binitawan ang cellphone ko sa kama at lumabas na ng kwarto. Diretso sa kusina at masamang pinaghihintay ang miryenda.

**"...stop bothering her."**

Boses yun ni Aries. Nakita ko syang naglakad palabas ng bahay. Balak ko na sanang hindi sya pansinin pero paran narinig kong binanggit nya ang pangalan ko.

Nangati na naman akong maki-tsismis sa kanya. Sinundan ko sya pero hangang sa pinto lang ako.

**"Mas mabuti kung magsimula ka na ng buhay dyan."**

Napakunot ang noo ko. Sinong sinasabihan nyang magsimula ng buhay sa kung saan?

**"Tama na.... Tumigil ka na. Ako ng nakiki-usap sayo. Tigilan mo na ang kapatid ko."**

*Teka lang... Bakit pakiramdam ko—.*

**"Please Keifer."**

Parang may sariling isip ang mga paa ko na tumakbo palapit kay Aries. Mabilis ding gumalaw ang mga kamay ko para kuhanin ang cellphone sa kanya at idikit yun sa tenga ko.

**"Keifer! Naririnig mo ba ko?! Keifer!"** Sigaw ko.

Sinubukang agawin ni Aries ang cellphone nya kaya hindi ko narinig kung sumagot ba ang peste sakin.

**"Jay! Anu ba?!"** Sigaw ni Aries.

**"Bitaw! Gusto ko lang syang maka-usap!"**

Pa-ulit-ulit kong hinampas ang kamay nya para bitiwan ang cellphone. Hindi naman ako nabigo at mabilis kong kinuha ang pagkakataon para tumakbo palayo. Dumiretso ako sa kwarto ko at ni-lock ang pinto.

Tinignan ko yung cellphone ni Aries para malaman kung nasa linya pa sya. Dinikit ko agad sa tenga ko yun.

**"Keifer! Magsalita ka please!"** Paki-usap ko.

Pero wala akong naririnig na ingay mula sa side nya. Hindi ko maiwasan na hindi manlambot. Napaupo ako sa sahig kasabay ng pagbagsak ng luha ko.

**"H-hndi ko maintindihan. Bakit hindi mo ko kinaka-usap? B-bakit yung iba nagagawa mong tawagan? Bakit ako hindi?!"** Huminga ako ng malalim. **"...Keifer! Bakit?!"**

Wala pa rin akong naririnig mula sa kanya. Siguro nga, ayaw talaga nya kong kausapin. Siguro nga.....ayaw na nya.

Iniiwasan kong mapaha-gulgol ng iyak. Ayokong iparinig sa kanya na hirap na hirap ako sa ginagawa nya. Na nasasaktan na naman ako.

Pinag-iisapan ko kung papatayin ko na ba ang tawag. Wala naman kasi akong naririnig. Wala akong magagawa kung ayaw nya kong kausap.

Nanginginig ang kamay ko. Balak ko na sana'ng ilayo ang cellphone mula sa tenga ko ng nay marinig ako. Mga salitang hindi ko pa naririnig sa kanya simula ng makilala ko sya.

**["*Jay.... I'm sorry.*"]**

Pero hindi non pinagaan ang loob ko. Sa muling pagkakataon, nadurog na naman ako ng mga salitang nang-galing sa kanya.

Matagal kong inasam na humingi sya ng tawad sakin. Sa lahat ng kalokohan nya at pananakit nya sakin. Inaasahan ko na yun ang aayos ng lamat sa puso ko pero...

*Yun din pala ang dudurog sakin.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 249

**A/N:** Dalawa lang po muna.

Thank you po sa cover. giyadec



# Ang Mutya Ng SECTION E

## THE DARK SIDE

By: eatmore2behappy

Thank you po sa cover na ito.
Raye Busa.

Ang Mutya ng
Section E
( The Dark Side )

Thank you din po dito. @PrincessNerdy25

ANG MUTYA NG
NG SECTION E
The Dark Side
EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng Section E
The Dark Side
By: tmore2behappy

ANG MUTYA NG
SECTION E
The Dark Side
By: eatmore2behappy

ANG MUTYA NG
SECTION E
The Dark Side
BY: EATMOREZ2BEHAPPY

## What now

***Jay-jay's POV***

Hindi ako nakatulog ng maayos. May pabaon na namang eyebags ang mga mata ko. Wala na naman ako sa sarili. Tulala at mag-iisang oras na akong nakaharap sa salamin at nagsisipilyo.

*Pudpod na yata ang ngipin ko.*

Nakarinig ako ng katok mula sa pinto ng kwarto ko kasabay ng pagsigaw.

**"Bilisan mo! Mala-late na tayo!"**

Si Aries yon. Malalim na buntong hininga ang ginawa ko. Nagmumog ako ng bibig at hinugasan ang toothbrush ko bago lumabas ng banyo. Dumiretso ako sa pinto at binuksan yon.

Mabilis na nagsalubong ang kilay nya ng makitang hindi pa ko naliligo.

**"Anu yan?! Anung oras na?!"** Inis na sabi nya.

Bored ko syang tinignan. **"Ewan ko. Diba may relo ka? Bakit hindi mo—ARAY!"**

Muntik na kong mapa-upo sa sahig sa lakas ng pagkaka-kutos nya sakin. Dalawang kamay ko ang nakahawak sa ulo ko habang maluha-luha.

*Taena neto! Parang hindi tao mangutos!*

**"Aray naman ay! Ang sakit-sakit non!"** Inis na sabi ko sa kanya.

**"Pwede tigilan mo na yan!!"** Galit na sagot nya. **"...masyado kang nagpapa-apekto sa lalaking yon!"**

*Tang'na naman ih!*

Akala naman kasi madaling HINDI magpa-apekto. Kung sya nga hangang ngayon may tama pa kay Ella. Akala nya hindi ko alam yun ah! Hindi pa kasi magbalikan kung magbabalikan. Dami pang arte!

Edi kayo na may lovelife!

**"Kainis naman! Mauna ka na nga! Papasundo nalang ako sa mga Ulupong!"**

**"What Ulupong?"** Takang tanong nya.

**"Mga kaklase ko."**

Halatang nag-alangan sya kung papayag ba sa sinabi ko. Pero kung hindi pa sya aalis, mala-late talaga sya. Hindi pa naman pwede sa kanila ang late dahil higher Section sila.

**"Sige. Bahala ka. Pero itext mo ko ah? At wag kang aalis ng bahay hangat wala ang sundo mo."** Mahigpit na bilin nya habang nakaduro pa sakin.

**"Oo na! Layas na!"**

Tinalikuran na nya ko kaya sinara ko na ang pinto. Bumalik ako sa banyo at pinagpatuloy na ang ritwal—este ang pagligo.

Ang totoo, wala talaga akong balak magpasundo sa kahit na kanino sa mga Ulupong. Hindi ko na sila idadamay sa pagiging late.

Kung yung pagbabanta ni Sato bahala na. Kailangan ko talagang harapin ang takot ko. Walang mangyayari sakin kung magpapasindak ako sa kanya. Ni hindi ko nga sya kilala, baka mamaya hangang banta lang pala sya.

Babad na babad ako sa tubig at kundi pa nangulobot ang balat sa daliri ko hindi ko pa maiisipan na umalis sa ilalim ng shower.

Pagkatapos mag-punas tinignan ko yung muka ko sa salamin. Nawala na yung pamumula at may kakaunting galos nalang. Nag-ayos na ko at nagbihis.

Habang nagsusuot ng sapatos narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. May text na dumating. Tinapos ko muna yung ginagawa ko bago tignan yon.

Galing kay Yuri yung text.

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *saan kana? Bakit wala ka pa?*

Mabilis naman akong nagtype ng sagot sa kanya.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *bahay pa. Mala-late ako.*

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *late ka na. Sunduin kita.*

Posibleng nasa school na sya dahil sa pagtatanong nya. Nakakahiya ata kung babalik pa sya dito para lang sunduin ako.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *wag na. Paalis na ko bhay. Kita nalng dyan.*

Hindi ko na hinintay ang sagot nya. Inayos ko na ang mga dadalhin ko. Tinignan ko din kung may nakalimutan ba ko. Nang masiguro kong okay na ang lahat tsaka lang ako lumabas.

Nag-paalam ako sa isa sa mga maid. Paglabas ko ng gate, napansin ko ang padating na taxi. Medyo nakaka-pagtaka dahil wala namang masyadong taxi na dumadaan dito sa village.

*Yayamanin ang mga tao dito. Naka-kotse!*

Pero kahit ganun pinara ko pa rin. Siguro baka naghatid lang ng pasahero sa hindi kalayuan. Huminto ang taxi sa tapat ko.

Minabuti kong sumakay na kesa mag-abang pa sa kanto. Baka mamaya nasa paligid na naman si Sato.

Pagsakay ko sa loob hindi ko agad napansin na may naka-upo sa tabi ng driver. Naisara ko na yung pinto bago ko nakita na meron na pala syang pasahero.

**"Ay sorry. Meron na pala kayo—."** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko ng marinig ko ang pag-lock ng pinto.

Sinubukan ko agad na buksan ang pinto pero huli na. Mabilis na humarurot ang sasakyan paalis.

**"S-sino kayo?! Anung k-kailangan nyo sakin?!"** Sigaw ko habang kinakalampag ang bintana ng kotse.

Walang kumikibo sa kanila at lumilingon sakin. Parehong naka-bonet at naka-itim na tshirt o jacket. Kinuha ko ang pagkakataon para kuhanin ang cellphone ko at mag-dial ng number.

Mukang napansin ako ng isa sa kanila. Nilingon ako ng naka-upo sa tabi ng driver at sinubukang abutin ang cellphone ko. Pinang-harang ko ang paa ko sa kanya para hindi sya maka-lapit.

**"Ibigay mo sakin yan!"** Pasigaw na utos nya.

**"Ayoko! Lumayo ka sakin!"**

Pinagsisipa ko rin sya para hindi ako ma-abot.

Tinignan ko ang cellphone ko at napansin kong tumatawag si Yuri. Agad ko yung sinagot.

**"YURI!"** Sigaw ko habang nilalayo ang cellphone.
**"...TULUNGAN....MO....KO! TULUNGAN....MO KO! MAY KUMI....KIDNAP....SAKIN!"**

**"SINABING AKIN NA!!"** Sigaw ng lalaki sabay agaw sa cellphone ko.

**"IBALIK MO YAN! YUUURRRIII!!!"**

Pinatay na ng hudlong yung tawag at pabatong hinagis sa dashboard ng kotse. Sa sobrang inis ko pinag-sisipa ko yung mga upuan nila.

**"Patigilin mo yan! Baka ma-aksidente tayo!"** Sigaw nung driver dun sa kasama.

Bago pa man maka-kilos yung kasama nya'ng kumuha ng cellphone ko. Sinakal ko na ang luko gamit ang braso ko mula sa likod nya. Naka-headlock sya sakin.

Masakit sa braso pero diniinan ko sa abot ng makaka-kaya ko.

**"P-pre! P-patay-yin a-ako nit-to!"** Hirap na sabi nya.

Sinubukan akong pigilan ng isa pero hindi sya makapag-concentrate dahil sa pagmamaneho nya.

**"Bitiwan mo yang kasama ko!"** Sabi nya at pilit ina-alis ang braso ko.

Binaon nya ang kuko nya sa balat ko kaya napahiyaw ako pero lalo ko pang hinigpitan ang pagkakasakal.

**"Putang*na kang babae ka!"** Sigaw ng driver habang nakatingin sa daan.

**"Tang'na mo kang lalaki ka!"** Sagot ko sa kanya.

*Akala mo ikaw lang marunong mag-mura!*

Lalung bumaon ang kuko nya. Sa sobrang sakit lumuluwag na ang pagkakasakal ko. Agad kong pinag-sisipa ang tagiliran nya. Wala akong paki kung nagmamaneho sya.

Sandaling lumiko ang sasakyan dahil sa ginawa ko. Inulit-ulit ko pa yon at gumewang-gewang ang kotse. Sunod-sunod ang busina ng mga sasakyan na kasunod namin.

**"Lintik ka!"** Sigaw na naman nya sakin.

**"Argh! Bwisit kayo!"** Sigaw ko din.

Patuloy ako sa pagsipa ng may biglang bumangga sa sinasakyan namin. Nabitawan ko yung lalaking sakal-sakal ko at napa-higa ako ng tuluyan sa backseat.

**"Sino yon!"** Sigaw ng driver habang pilit sinisilip ang sasakyan sa likod.

Dun ko lang napansin na nasa highway na kami. Bumangon ako at sinilip ang labas para masiguro.

*Nasa highway na nga kami!*

Tinignan ko yung dalawa. Abala yung driver sa pag-iwas sa sasakyan sa likod. Yung isa naman panay ang ubo at habol sa hininga.

**"Saan nyo ko dadalhin?!"** Galit na tanong ko.

Walang kumibo sa kanila hangang sa may bumangga na naman mula sa likod. Muntik pa kong masubsob dahil sa lakas. Sinilip ko yung likod at nakita ko ang isa pamilyar na kotse.

**"YURI!!"** Sigaw ko.

Alam kong hindi nya ko naririnig pero nagbabakasali pa rin ako. Tumingin sa gawi ko kaya at mabilis na napalitan ng pag-aalala ang itsura nya.

Meron syang sinenyas sakin na parang sinasabi nyang tumabi ako sa kabilang side.

Ginawa ko naman kahit puno ako ng pagtataka. Muli na naman nyang binangga ang kotse. Muntik na kong mapasigaw dahil sa lakas.

Natatakot akong maaksidente pero kung eto lang ang paraan. Handa akong bumalik sa ospital.

Pero mas kinabahala ko ng biglang umatras ang taxi na sinasakyan ko para banggain naman ang kotse ni Yuri. Kinabahan ako kaya sinilip ko sya pero mukang hindi naman nya ininda.

*Hindi pwedeng ganto lang. Kailangan kong tumulong!!*

Hinarap ko yung driver at pinag-sisipa ulit sya.

**"Hoy! Tumigil ka!"** Sigaw ng kasama nya at sinubukan akong pigilan.

Kaya naman pati sya pinag-sisipa ko din. Muli na namang binangga ang taxi'ng sinasakyan namin at sa hindi inaasahang pagkakataon nagpa-ikot-ikot ang kotse.

Dinig na dinig ko ang tunog ng gulong na kumikiskis sa aspaltong sahig ng daan. Inilagay ko ang dalawang kamay ko sa ulo at yumuko para ihanda ang sarili ko sa malakas na impact.

Kusang tumigil ang kotse sa pag-ikot at walang impact na nangyari. Amoy sunog na goma at mausok ang paligid. Narinig ko ang pagbukas ng pinto kaya bumangon ako.

Wala na yung driver at yung kasama nya. Natulala ako, hindi maintindihan ang nangyari. Muntik na naman ako!

Bumukas ang pinto sa tabi ko kaya napalingon ako. Nakita ko si Yuri na puno ng pag-aalala sakin.

**"Jay! Ayos ka lang?"** Nag-aalalang tanong nya.

Kusa akong napayakap sa kanya. Nanginginig ang buong katawan ko. Tagaktak din ang pawis ko.

**"M-muntik na ko don!"**

**"Ssshhhh... Okay na. Nandito na ko."** Bulong nya sakin.

**"Y-yuri...."** Halos maiyak na ko.

Nakayakap lang din sya sakin. Mahigpit at parang takot akong pakawalan. Parang ayaw mag-sink in sa utak ko ang mga nangyari.

Binitiwan ako ni Yuri mula sa pagkaka-yakap. Hinawakan nya ko sa magkabilang pisngi gamit ang dalawang kamay. Pilit hinarap sa kanya ang muka ko.

**"Walang masakit sayo? Wala ba silang ginawa sayo? Anong nararamdaman mo?"** Sunod-sunod na tanong nya.

Umiling ako. **"W-walang masakit."**

Tinignan ko ang kabuuan ng taxi. Merong wallet sa upuan ng driver. Kinuha ko yon at inabot kay Yuri.

**"B-baka makatulong satin."**

Nag-nod sya sabay kuha ng ID. Tinignan ko ulit ang loob ng taxi at nakita ko ang cellphone ko sa sahig. Kinuha ko yon pati ang bag ko.

**"Umalis na tayo dito."** Nakiki-usap ang tono ko sa kanya.

**"Sige."** Sagot nya at naunang lumabas.

Sumunod naman ako pero nakaka-isang hakbang palang ako ng manlambot ang tuhod ko. Muntik na kong bumagsak kundi lang ako naalalayan agad ni Yuri.

Tinulungan nya ko hangang sa makalapit sa sasakyan nya. Pinasakay nya ko bago kuhanin ang cellphone nya at sumenyas na may tatawagan.

Nag-nod lang ako sa kanya. Tinitigan ko ang taxi na sa harap namin. Ang hirap paniwalaan na pati ang sa pampublikong sasakyan kagaya nyan ay gagamitin nila para ma-kidnap ako.

Wala akong katibayan pero may kutob akong si Sato ang may pakana nito. Sino pa ba ang nagtatangka sa buhay ko?

*Nakakainis!!*

Hindi talaga pwede na matakot lang ako. Kailangan kong labanan ang ugok na yon. Bwisit kang Hapon ka! Ibabalik kita sa Japan sa isang sipa lang.

Nabasag ang pag-iisip ko ng marinig ko ang pag-sara ng pinto ng kotse. Sumakay na pala si Yuri ng hindi ko namamalayan.

**"Tumawag na ko ng Pulis para ireport yung nangyari. Kailangan ang statement mo."** Paliwanag nya. **"...sasabihin mo bang may nagtatangka sa buhay mo?"**

Umiling ako. **"Lalala lang ang gulo. Sabihin nalang nating simpleng kaso ng holdap."**

Nag-nod naman sya. Hindi nagtagal, dumating ang mga pulis. Sinabi namin ang napag-usapan at halos 30 minutes din ang inubos namin sa pakikipag-usap sa kanila.

Gusto sana ng mga Pulis na ipatawag ang mga magulang namin dahil minor kami pero nagpakilala si Yuri at sinabing magpapa-punta nalang representative sa prisinto nila.

**"Carnap daw yung taxi. Nireport sa kanila nung isang araw pa."** Bungad ni Yuri pagpasok sa kotse nya. **"...mukang planado na talaga nila to."**

Nagkuyom ang kamao ko. Inabangan talaga nila ako. Mukang matagal na nilang balak na pasakayin ako sa taxi na yon.

*Malas! Kung kelan ako hindi sumabay kay Aries!*

Pina-andar ni Yuri ang kotse. **"Dadalin kita sa Ospital para—."**

**"Sa school na."** Putol ko sa sasabihin nya. **"...hindi naman ako nasaktan kanina. Okay lang ako."**

Matagal syang hindi nagsalita na para bang pinag-iisipan ang sinabi ko.

**"I understand, but please tell me if you feel something."**

Nag-nod ako ng hindi tumitingin sa kanya. Naiinis pa rin ako sa lintik na taxi kidnap-kidnap na yan. Hindi na ko makakasakay na taxi nito.

Naging tahimik ako sa buong byahe hangang sa makarating kami sa school. Pagbaba ko ng kotse, napahinto ako.

*Saan nga pala ang room?*

Tatanungin ko sana si Yuri pero naisipan kong sundan nalang sya. Sa kabilang bahagi ng main building sya dumiretso papunta sa....*auditorium?*

Kahapon gymnasium ngayon sa auditorium. Baka naman palayasin pa kami dito. Nakakahiya naman sa kanila!

Pagpasok sa loob, nasa isang sulok ang mga Ulupong. Naka-upo sa sahig habang may kaharap na teacher. Agad na lumipat ang atensyon nila samin paglapit.

**"Sorry po kung late kami."** Sabi ni Yuri sa teacher.

Natalim na irap naman ang binigay samin ng babaeng teacher. **"Like I care. Maupo na kayo kahit saan dyan."**

Napataas ang isang kilay ko. Iba din ang mga teacher namin eh. Pak na pak sa katarayan. Si Sir Alvin lang talaga ang nagmamahal samin.

Sumalpak ako sa likod ng mga Ulupong. Yun nalang kasi ang pu-pwestuhan namin. Napatingin ako sa harap ng mapansin ko si Ci-N na kumakaway sakin habang naka-ngiti.

Simpleng nod lang ang sinagot ko. Wala ako sa mood makipag-ngitian sa kanya. Naiinis pa rin ako sa nangyari kanina. Kung uuwi naman kasi ako tatanungin ako ni Tita. Tapos makakarating kay Kuya, tamang hinala pa naman yun.

Malalaman nyang nagsisinungaling ako. Baka malaman din nya yung nangyari sa taxi dahil sa mga koneksyon nya.

*Anu kayang gamit nyang connection? Smart o Globe?*

Natapos ang klase namin ng nakatulala lang ako habang salubong ang kilay. Agad na humarap sakin ang mga luko pagtalikod ng teacher.

**"Bakit ka late?"** Mapang-asar na tanong ni Mayo—na syang pinaka-malapit sakin.

Mabilis akong nairita sa ngiti nyang nakakaloko. Inis ko syang tinignan.

**"Paki mo!"** Pagtataray ko na umagaw ng atensyon ng iba.

Halatang napikon si Mayo sa sagot ko. **"Problema mo? Nagtatanong lang naman ako."**

**"Makapag-tanong ka, bakit? Okay na ba tayo?"**

Nagulat sa bigla nyang pagtayo at pagduro sakin. **"Yan! Sige sumbat mo! Dyan ka magaling!"**

Padabog akong tumayo at pinantayan ang galit nyang tingin. **"Anu ngayon kung isumbat ko? May karapatan naman akong gawin yon!"**

**"Hangang ngayon ba naman? Jay, ang dami na nating pinag-daanan. Anu ba naman yung patawarin mo kami?!"**

Isang malutong na malutong na....*putang'na mo po!* Papatawarin?! Ang tibay mo dyan.

**"Panu ko gagawin yon kung hindi ka naman mukang nagsisi sa ginawa mo? Ikaw pa tong mayabang ngayon!"**

**"Problema sayo pa-importante ka masyado!"** Sigaw nya sa mismong muka ko.

Parang may kung anung pumitik sa utak ko. Kusang gumalaw ang kamao ko diretso sa pagmumuka nya. Huli na ng mapansin ko ang ginawa ko.

Agad na bumagsak si Mayo at mabilis na nilapitan ng mga kapwa nya Ulupong.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Yuri. **"...why did you do that?!"**

*Wala lang. Trip ko lang.*

Hindi ko gusto ang tono ng pagtatanong nya skin. Para bang kasalanan ko pa ang lahat.

**"Sinumbatan nya ko!"**

**"Kahit na! Alam mo naman ang ugali nya bakit kailangan mo pang saktan."**

*Ay pota! Edi ako na!*

Hindi na ko nagsalita pa. Sinipa ko yung bag ko sa inis at mabilis na naglakad paalis ng auditorium. Hindi pa ko tuluyang nakakalayo ng may maramdaman akong humawak sa braso ko.

Inagaw ko ang braso ko at tinignan sya ng masama. Buong akala ko si Yuri ang sumunod sakin pero ibang tao pala.

**"Jay, ako na ang nag-so-sorry sa ginawa ni Mayo."** Paki-usap ni Kit. **"...pagpa-sensyahan mo na sya."**

Hindi ko maiwasan na hindi mapatingin sa mga mata nya. Malungkot yon at parang namumula. Mukang umiyak at parang puyat.

Huminga ako ng malalim para pilit pagaanin ang nararamdaman ko pero walang talab yon. Naiinis ako—hindi! Nagagalit ako.

Nagagalit ako sa nangyari sakin kanina sa taxi tapos ngayon dumagdag pa si Mayo. Ang laking tulong nito, shit!

**"Alam mo, Kit. Masama ang loob ko sa ginawa nyo sakin. Yung pinagtulungan nyo ko pero ang mas nakaka-sama ng loob yung sinabi ni Mayo. Para bang hindi nya alam na nasaktan ako."**

Napayuko sya sandali. **"I'm really sorry Jay."** Sinubukan nyang lumapit pero umatras ako. **"...believe me, nagsisisi na talaga kami."**

Umiling ako. **"Pero hindi yun ang nakikita ko sa iba sa inyo."**

**"Ano bang dapat kong gawin para bigyan mo din kami ng pagkakataon?"**

Tumingin ako sa ibang direksyon at kinagat ibabang labi ko. Galit pa rin ako at mabigat ang nararamdaman ko sa dibdib ko.

**"Ewan ko.... Umamin ka siguro na bakla ka sa kanila. Baka patawarin pa kita."** Wala sa sariling sabi ko at tumalikod.

Naglakad ako palayo ng walang naririnig galing sa kanya. Wala pa kong balak umuwi. Pumunta ako ng banyo para maghilamos at mahimasmasan.

Buti nalang at walang tao sa cr pagpasok ko. Naghilamos na ko at pinagmasdan ang sarili ko sa salamin.

Hindi ko talaga maintindihan ang nangyayari sakin. Pagtalaga nagpapadala ako sa galit kung ano-ano nasasabi ko. Kailangan kong maka-usap si Kit at ipaliwanag sa kanya na hindi talaga ganun ang ibig kong sabihin.

Kumuha ako ng tissue sa tissue box sa tabi ng salamin. Mabilis kong pinunasan ang muka ko at nagmadaling bumalik sa auditorium.

Pagdating ko napatigil ako ng makita kong nasa harap ng lahat si Kit at parang meron silang pinag-uusapan.

**"Jay-jay! Bilis mo may i-a-announce daw si Kit!"** Nakangiting tawag sakin ni Ci.

*Ay putik!*

Nagmadali ako sa paglapit kay Kit para pigilan sya. Hindi sa ganitong paraan ko inisip na aamin sya sa lahat tungkol sa tunay nyang kasarian. Ginawa ko ang makaka-kaya ko pero mukang nahuli na ko. Sa isang iglap, naging iba-iba ang reaksyon ng mga Ulupong.

**"This is for real.....I'm gay."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 250

**A/N:** Happy Birthday Angel Salazar . Sorry ngayon lang kita nabati.

Happy Birthday din kay Baby Chucs/Charleth Sy.
From Jackyut

Happy Birthday din kay Xanya_Wp . Sorry natagalan.

Check out this stories.

**Accidentally in love with My Stepbrother**
By: Blue_jen27

**Reyna ng Kamanhidan**
By: -BornToInspire-

**I love you my Star**
By: Xanya_Wp

Thank you so much for this cover. yvonhale302915

Eatmore2behappy
Ang
Mutya
Ng Section E
THE DARK SIDE

Eatmore2behappy
Ang Mutya Ng section E
THE DARK SIDE

Thank you din sa cover na to. @juliaaaan14

Ang
Mutya ng
Section
E The dark side
by: eatmore2behappy

Thank you din dito. EccedentesiastMan


ANG
MUTYA
NG
SECTION
E
THE
DARK
SIDE
ⓒⓡⓜ
Eatmore2behappy

Eatmore2behappy
ANG
MUTYA NG
SECTION
E
DARK
SIDE
c
r
m

Thank you din dito. @blazemax


eatmore2behappy
Ang
MUTYA
ng
SECTION
E


eatmore2behappy
Ang
MUTYA
ng
SECTION
E

eatmoretobehappy
Ang
MUTYA
ng
Section E


eatmoretobehappy
Ang
Mutya
ng
SECTION E
(The Dark Side)
PART II

Thank you so much for this cover. @nicoledeguzmanxx


Ang Mutya
ng Section E

Ang Mutya
ng Section E

Ang Mutya
ng Section E
by: eatmore2behappy

Thanks din dito xoocute28

Gusto kong makalimutan lahat ng ginawa at
pagsisinungaling nila sa akin
sa pamamagitan ng musika.

( Ulupong )

ANG MUTYA
NG
SECTION E
( DARK SIDE )
JAMSAI
LOVE SERIES
By:eatmore2behappy

Thank you din po. @GenGen0419


Ang
Mutya
ng
SECTION
E
The
DARK
Side
marwa dra
BY:EATMORE2BEHAPPY


(AMNSE)
THE
DARK
SIDE
PART
2

by:EATMORETOBEHAPPY

## Saving friendship

***Jay-jay's POV***

**"This is for real.... I'm gay."**

Walang kumikibo. Nawala yung ngiti ni Ci at napa-tuwid naman ng upo yung iba. Merong nagsalubong ang kilay at meron parang hindi alam kung magre-react ba sya o hindi.

*Tinotoo nga nya yun sinabi ko.*

**"Ahahaha..."** Kuwaring tawa ko kahit halata namang peke. **"...joker talaga to si Kit."**

Lumapit ako sa kanya at hinawakan sya sa braso para sana hatakin paalis sa harap ng mga kapwa nya Ulupong.

**"Mag-usap muna tayo."** Bulong ko sa kanya sabay hatak pero hindi sya gumagalaw.

Nakatingin sya sakin na parang sinasabi nyang ayos lang ang lahat. Para akong mababaliw sa ginagawa nya.

**"Kit!"** Galit na tawag ni Mayo na nakatayo sa likod ng mga luko. **"...Anu bang sinasabi mo?!"**

**"Oo nga! Anu bang sinasabi mo?!"** Gatong ni Drew.

**"Is there a problem?"** Nag-aalalang tanong ni David.

Napatingin ako sa mga Ulupong na naka-upo sa sahig. Salubong ang kilay ni Josh at parang hindi natutuwa sa nangyayari. Halatang nag-aalala naman si Eren at parang gustong patigilin si Kit.

**"Gay ka dyan. Lakas ng trip mo Kit."** Nakatawang sabi ni Denzel pero unti-unti'ng nawala yon ng makitang seryoso si Kit.

**"Umayos ka nga Kit. Hindi nakakatuwa yang biro mo."** Sabi ni Rory.

*Shit! Hindi maganda ang pakiramdam ko.*

Tinapik ko ang braso ni Kit at tumingin sa mga kaklase naming gulong-gulo. Ngumiti ako kahit pilit lang.

**"Nag-aasaran lang kami nito. Wag kayo maniwala—."**

**"No!"** Inalis nya ang kamay ko. **"I said it's for real."** Putol nya sa sasabihin ko.

Tumingin sya sakin at ngumiti. Umiling ako sa kanya para sabihin na wag na nyang ituloy. Hindi pa to ang tamang panahon para aminin nya sa lahat ang pagkatao nya.

**"Okay lang Jay. Pagod na kong magtago."**

Humarap sya sa bahagi nila Mayo. Napatayo na mula sa kinauupuan si Eren at parang nakiki-usap sa kanya.

**"I've been hiding this for a very long time. I knew I'm different from all of you."** Huminga sya ng malalim. **"...I'm different because I'm attractive to my same sex."**

**"Shit."** Sabi ni Calix at tumayo. **"...you can't be serious."**

Ako na sana ang magsasalita para patigilin sila sa kung anong iisipin nila pero sunod-sunod na silang nagtayuan at kanya-kanya na ng komento.

**"Pre! Sabay tayong nag-c-cr."** Nandidiring sabi ni Edrix.

**"Baka naman akala mo lang yan."** Sabi ni Felix.

**"Hindi ako mabibigla kung eto talaga ang bakla."** Sabi ni Blaster sabay turo kay Ci. **"...pero ikaw? Tang'na!"**

Napatingin ako kay Ci-N. Wala syang kibo at patuloy lang sa pag-obserba. Para syang walang alam sa nangyayari.

**"Ang tagal na nating magkakasama, bakit ngayon ka lang umamin?"** Si Eman na mahinahon lang.

**"Anu ba talaga?! Bakla ka talaga?!"** Si Rory na hindi makapaniwala.

**"Pwede tumahimik muna—."** Hindi na natapos ni David ang sasabihin nya dahil sa biglang pag-sigaw ni Drew.

**"NAKAKADIRI KA!"**

Nag-echo yun sa buong auditorium kaya natahimik ang lahat at napatingin sa kanya. Salubong ang mga kilay nya at parang diri'ng-diri kay Kit.

Bago pa man kami makapag-salita para sagutin sya, isang malakas na suntok ang tumama sa muka nya. Bumagsak sya sa sahig at agad naman syang tinulungan nila Denzel at Blaster na malapit sa kanya.

*Mukang magkakaroon na ng gulo!!*

**"Problema mo?! Bakit ka nana-napak?!"** Inis na tanong ni Denzel kay Mayo na syang nagpatahimik kay Drew.

Agad na lumapit si Eren at Josh sa kanya para hawakan sya. Halata naman kasing magsisimula na naman ng away si Mayo.

**"Ang dumi ng bibig nyan!"** Sagot nya sabay turo kay Drew.

Kinuha ko ang pagkakataon para kausapin si Kit. Hinawakan ko sya balikat at hinarap sakin.

**"Sira ka ba? Bakit sineryoso mo yung sinabi ko sayo?"**

**"Hindi lang naman yun yung dahilan kung bakit ko to ginawa."** Sagot nya at inalis ang kamay ko sa balikat nya. Hinawakan nya yon ng dalawang kamay.

**"Pero kahit na... Sana nag-isip ka muna ng pwedeng mang-yari."**

Hindi ko mapigilan na hindi mag-alala. Kagaya ng inaasahan ko, nagkakagulo ang mga Ulupong.

**"Jay, pagod na ko. Wala na kong paki kung husgahan ako ng iba."** Sabi nya at ngumiti.

Kahit sinasabi nyang may iba pang dahilan pakiramdam ko ako pa rin talaga ang may kasalanan. Kung nag-isip lang sana ako bago nag-salita.

*Kung hindi lang sana ako nagpadala sa galit!*

Niyakap ko sya ng mahigpit. **"Kahit na anong mangyari. Andito lang ako."**

Narinig ko ang bahagya nyang pagtawa. **"Ibig sabihin ba nyan pinapatawad mo na ko?"**

**"Ugok ka."** Sagot ko at ngumiti kahit parang gusto ko ng maiyak.

Humiwalay ako ng yakap at tinignan sya. Ang kaninang malungkot nyang mga mata para'ng wala ng dinadamdam ngayon. Siguro talagang hindi na nya kayang itago lang ang totoo tungkol sa pagkatao nya.

**"PUTANG*NA MO!"** Sigaw ng kung sino.

Nang tignan namin ang pinang-galingan non, halos magpang-abot na ng kamao si Mayo at Drew. Kung hindi lang nakagitna ang ibang Ulupong baka nagsuntukan na sila.

**"Hindi kita uurungan! Gago ka!"** Galit na sabi ni Mayo.

"*Tama na yan!*"

"*Tumigil na kayo!*"

"*1000 ako, kay Mayo!*"

"*Kay Drew 500!*"

Tatlong tao na ang humahawak sa bawat isa wag lang silang magkalapit. Sobrang gulo at sadyang mga Gago lang ang iba sa kanila at nanood lang.

**"Bakit mo ba pinag-tatanggol yan?! May relasyon ba kayo?!"** Sigaw ni Drew.

**"Gago ka! Babasagin ko talaga muka mo!"** Sagot naman ni Mayo.

Bigla nalang tumawa ng malakas si Drew na pinagtaka naming lahat. Nang-iinis ang tono ng pagtawa nya.

**"Muntik ko ng makalimutan. Pumapatol ka nga din pala sa lalaki."** Sabi ni Drew habang nakangiti ng nakakaloko.

Halatang natigilan si Mayo at ilang saglit lang sinubukan na naman nyang abutin si Drew pero mahigpit ang pagkakahawak sa kanya nila Josh.

**"Yung ex-girlfriend mo ang nag-sabi sakin na pinagpalit mo sya sa isang lalaki."** Dagdag pa nya at mas lalong tumawa ng malakas. **"...si Kit yon!"**

*Shit! Tumigil kana!*

**"Tama na Drew!"** Sigaw ni Felix sa kanya.

Pero parang ayaw nyang magpa-awat. Para bang iniinis nya talaga si Mayo at sinusubukan ang pasensya nito.

**"Ano?! Hindi ka makasagot?! Kasi toto—."**

Sobrang bilis ng pangyayari. Parang sinadya ni Eren na bitawan si Mayo. Dalawang hakbang lang ang layo nya para maabot si Drew at malakas na suntok agad ang binigay nya dito.

Nagka-gulo kaming lahat. Napatakip ako sa bibig ko dahil sa pagkabigla. Ang kaninang walang malay na Ci-N, tumayo na at naki-awat sa kanila. Lumapit na rin si Kit para pigilan si Mayo.

"*Awat na! Awat na!*"

"*Mayo! Tumigil ka na!*"

"*Tama na yan! Napuruhan mo na!*"

Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Masyado ng magulo. May mga istudyante na ring nakiki-usyoso mula sa malayo.

Napasabunot ako sa buhok ko bago tuluyang lumapit para maki-awat. Hindi ko na alam ang mga nangyayari hangang sa isang mainit na palad ang tumama sa pisngi ko.

*Tang'na!*

Sa sobrang lakas ng pagkakasampal sakin, bumagsak agad ako sa sahig.

**"Gago ka Mayo!"** Dinig kong sigaw ni Kit.

Hinawakan ko ang pisngi kong namamanhid na ata. Naramdaman kong may humawak sa braso ko para itayo ako. Tinignan ko yon at nakita ko si Yuri at Kit.

**"Kaya mo ba?"** Nag-aalalang tanong ni Yuri.

**"Gago ka ba? Bakit pati si Jay-jay sinaktan mo?"** Galit na tanong ni Ci-N.

Tinignan ko si Mayo na nakatayo habang hawak ng mga kapwa nya Ulupong. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nya kong saktan.

**"T-tarantado ka! Hindi kita inaano dyan!"** Inis na sabi ko habang tumatayo.

*Parang hindi na pantay ang pisngi ko!*

**"Gusto kong durugin sa suntok yang muka mo, pero babae ka pa rin."** Sabi nya sakin. **"...ganto na ba talaga katindi ang galit mo samin at gusto mo ng magkanda-letse-letse kami?!"**

**"Wag mo nga sisihin si Jay sa kalokohan mo!"** Inis na sabi ni Felix.

Sakin pa rin nakatingin si Mayo at halatang gusto pa nya kong saktan dahil sa galit.

**"Akala mo ba hindi kita narinig kanina? Inutusan mo si Kit na umamin para lang patawarin sya! Ang lupet mo!"** Inalis nyang pilit ang mga kamay ng umaawat sa kanya. **"...Okay lang sayo na masira ang buhay namin para lang sa lintik na kapatawaran na yan!"**

**"Hindi naman yon ang dahilan kung bakit ako umamin! Wag mo sisihin si Jay!"** Paliwanag ni Kit pero parang ayaw ng makinig ni Mayo.

Inalis ko ang pagkakahawak sakin ni Yuri at humakbang palapit sa kanya. Gusto nya ng kasugutan? Sige, sasagutin ko ang tanong nya!

**"Gusto mong malaman kung gano katindi ang galit ko sa inyo?"** Mahinahong sabi ko at tumingin sa kanilang lahat bago muling tignan si Mayo.

**"Naranasan mo na bang maging mag-isa? Sa school? Sa bahay?"** Hindi sya kumibo. **"...kasi ako, Oo. Buong buhay ko mag-isa lang ako. Mayo, wala akong kaibigan. Alam mo yan."** Huminga ako ng malalim dahil sa pagbabara sa lalamunan ko. **"...tapos dumating kayo pero para saktan lang pala ako. At gano kasakit yon? SOBRANG SAKIT! Sobra-sobra, halos hilingin ko na mawala na ko sa mundo."**

Hindi ko na napigilan ang luha sa mga mata ko. Ayoko sanang umiyak pero wala na, pati boses ko basag na. Hindi ko pa rin inalis ang tingin ko sa kanya kahit gusto'ng-gusto na nyang umiwas.

**"Sobrang sakit non kaya ang laki ng galit ko sa inyo! Galit na galit ako! Ginusto kong gumanti para maramdaman nyo yung naramdaman ko!"** Kinagat ko ang ibabang labi ko. **"...pero hindi ko ginawa. Kasi ayokong maging kagaya nyo."**

Yumuko ako para punasan ang mga luha ko. Huminga din ako ng malalim. Tinignan ko ulit silang lahat.

**"Nagagalit kayo kasi bakla si Kit? Dapat magalit din kayo sa sarili nyo....wala kayong pinag-kaiba sa kanya!"** Binalikan ko si Mayo na nakayuko na. **"...dahil hindi gawain ng tunay na lalaki na pagkaisahan ang isang babae."**

**"Jay..."** Dinig kong tawag ni Yuri mula sa likod ko.

**"Ngayon, sabihin mo sakin Mayo. Wala ba kong karapatan na isumbat yung mga ginawa nyo sakin?"**

Hindi sya nag-salita. Tinignan nya si Kit na nasa likod ko din. May ilang minuto sya'ng hindi kumikilos hangang sa maglakad. Sinadya nyang banggain ang balikat ko bago nya ko tuluyang lagpasan.

Sinundan ko sya ng tingin hangang sa mawala sya ng tuluyan. Naramdaman kong may umakbay na braso sakin. Nang tignan ko kung sino, ang malungkot na muka ni Yuri ang bumungad sakin.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Kit. **"...mas mabuti siguro kung magpahinga ka muna. Kami nalang bahala magpaliwanag sa ibang teacher."**

**"No."** Singit ni David. **"...It's better if all of us will take a rest. I'll talk to Sir Alvin."**

**"I agree with David."** Sagot ni Yuri.

Nag-tanguan ang dalawa at lumakad na paalis si David. Tinignan ko naman yung mga Ulupong na kanya-kanya na ngayon usap.

Napansin ko si Ci-N na tila malalim ang iniisip. Malayo sya sa iba at parang nag-aalala. Hindi ko gusto na ganyan sya, parang may pino-problema. Pakiramdam ko na-bigla sya at hindi naiintindihan ang nangyari.

**"Yuri... Pwedeng paki-puntahan muna si Ci-N? Para kasing may mali sa kanya."** Utos ko.

Ngumiti naman sya sakin bago lapitan ang Batang Kumag. Hinarap ko si Kit para sya naman ang kausapin.

**"Mag-usap muna tayo."** Aya ko sa kanya.

Sabay kaming naglakad palayo sa mga Ulupong. May pagkakataon na hinahawakan ko ang pisngi ko. Hindi pa rin kasi nawawala yung sakit.

*Ang putik!! Gusto ko gumanti ng sapak kay Mayo.*

Mukang napansin ni Kit ang ginagawa ko. Hinawakan nya ang pisngi ko na kinabigla ng katawan ko. Muntik na kong mapaiktad dahil don.

**"Masakit ba? Sorry."**

Umiling ako. **"H-hindi. Nagulat ako sayo."**

Yumuko sya at naghimas ng batok. Pinagmasdan ko syang mabuti. Hindi talaga sya mapagkakamalan na kapederasyon dahil sa kilos nya.

*Lalaki'ng-lalaki pa din.*

Kingina'ng to! Pwede pa naman sana'ng panlaban sa Kpop ang kagwapuhan tapos lalaki din pala ang gusto. Kinabog ako!

**"Ako ng humihingi ng tawad sa ginawa ni Mayo. Hindi ko alam na kaya nyang manakit ng babae."**

**"Kahit sino kayang gawin yun."** Sagot ko at huminga ng malalim.

Pinunasan ko ang ilong ko dahil sa nagbabadyang sipon. Badtrip! Umiyak na naman ako sa harap nila. Ayoko pa namang ginagawa yon.

*Syempre nakakahiya yung itsura ko.*

**"Anu ng balak mo? Mukang ayaw sa bakla ng mga ugok na yon."** Nag-aalalang tanong ko.

Ngumiti sya sakin. **"Minsan talaga kung sino pa ang malapit sayo, sila pa ang huhusga sayo."**

Ngumiti din ako. **"Pero hindi ako."**

Inakbayan nya ko at niyakap ko naman sya. Natawa pa ko ng bahagya syang lumayo. Sana naman hindi sya maging allergic sa babae kagaya ng iba.

Naramdaman ko ang kamay nyang tumatapik-tapik sa likod ko. **"O-okay na. Pwede ka na bumitaw. Baka makarating to kay Keifer—banatan na naman ako non."**

*Ay naku, binanggit pa!*

Humilay naman ako agad sa kanya. Nakangiti pa rin sya pero agad din yong nawala ng mapatingin sya sa likod ko. Bigla nalang akong kinabahan kaya lumingon ako agad.

Muntik na kong mapatalon sa gulat. Salubong na salubong ang kilay at parang anu mang oras ay mananapak na. Eto ba ang kapalaran ko for today?

**"A-aries."**

**"Diba sabi ko sayo magtext ka!"** Inis na sabi nya.

Napa-*oooh* nalang ang bibig ko. Nakalimutan ko yon dahil sa nangyari kanina. Isa pa yon, hindi ko nga pala pwedeng sabihin sa kanya yon.

**"Nakalimutan ko. *Sowrey.*"** Sabi ko at napatingin sa hawak nya.

Styrofoam na baunan yon kung saan nilalagay ang pagkain. *PAGKAIN!* Mukang binili nya sa cafeteria ng school.

**"Para sakin yan?"** Tanong habang nakaturo sa hawak nya.

**"Hindi."** Mabilis nyang sagot. **"...pinahawak lang to sakin."**

*Ay... Akala ko pa naman sakin!*

Napansin ko ang matagal na pagtitig nya sakin. Para bang meron syang inaalam. Nailang naman ako kaya sinubukan kong umiwas ng tingin.

**"Umiyak ka ba?"**

Patay! Napatingin ako kay Kit pero wala man lang expression ang muka nya. Hindi man lang ako makahingi ng tulong.

**"Bakit namumula yang pisngi mo?"**

Libing! Nawala sa isip ko na mabilis nga pala syang makapuna ng bagay-bagay. Pati na rin sa pagmumuka ko.

**"A-ano....yan....sa ano....d-don sa....nag-ano—."**

**"Kasalanan ko yan."** Putol ni Kit sa sasabihin ko. **"...aksidente kong natamaan ang muka nya kanina."**

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Hala sya! Baka kung ano isipin ni Aries at magalit sa kanya.

Kagaya nga ng ina-asahan ko, tinignan na agad sya ng masama nitong Horoscope.

*Baka bigla nalang syang manuwag.*

**"Harington, right?"** Tanong ni Aries.

Nag-nod naman si Kit sa kanya.

**"Next time mag-ingat ka para hindi ka nakakatama."** Sabi nya at humakbang palapit. **"...and one more time I caught you hugging my sister, I will break your bones."**

Agad kong syang nilapitan at tinulak palayo kay Kit.

**"Ano ka ba?! Ano bang pinagsasa-sabi mo dyan?!"**

Ako naman ang tinignan nya ng masama. **"Pinag-sasabihan ko yang classmate mo."**

Tinulak ko ulit sya palayo. **"Umalis ka na nga. Nagbabanta ka eh!"**

Inirapan nya ko na kinainis ko. **"Pinagsasabihan, hindi banta."**

Ako naman ang napa-irap. **"Banta yon!"**

Tinulak-tulak ko ulit sya. Halatang napipikon na sya sa ginagawa ko. Hangang sa ambaan nya ko ng kutos sa ulo.

**"Oo na! Aalis na!"** Inis na sabi nya at inabot sakin ang styro na kanina nya pa hawak-hawak. **"...sayo nalang. Nakakahiya sa katakawan mo."**

*Wew...*

Mabilis ko namang kinuha ko. Ngumiti ako ng matamis sa kanya. **"Salamat!! Mwuah! Mwuah! Tsup! Tsup!"**

Bigla nalang syang nandiri. **"Yack! Dyan ka na nga!"**

Napanguso naman ako. Tong taong to! Sya na nilalambing sya pa maarte. Sarap pektusan minsan.

Muli kong binalikan si Kit na nakangiti sakin.

**"Okay na pala kayo ng kapatid mo?"**

Nag-nod naman ako sa kanya. **"Oo. Buti nalang kinausap na nya ko."**

Sandali kaming nabalot ng katahimikan. Nakakatakot na katahimikan. Unti-unti na naman kasing bumabalik sakin ang nangyari.

*Panu na ngayon? Panu na sya ngayon?*

**"Magiging okay din ang lahat diba?"** Tanong nya.

Gusto kong sumagot ng oo, pero hindi yun ang nararamdaman ko. Napayuko ako kasabay ng mahinang pagsagot.

**"Sana..."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 251

**A/N:** Ayun! Hindi ko muna pala palalabasin si Keifer. Mga kaunti pa, mga apat or anim na chapter pa. Nagbago isip ko.

Dalawa lang po muna, edit ko yung kasunod nito. Andun na kasi si Kepweng.

Thank you so much sa cover na ito. Angela Jay William

Tropa ni Eatmore2behappy
Ang
Mutya ng
Section E
(THE DARK SIDE II)

Thank you po sa cover na ito. @twisted_story1603


Ang
Mutya
ng
Section E
(The Dark Side)
By:eatmore2behappy

Thank you din po. JeonSey


eatmore2behappy
Ang Mutya Ng
Section E
The Dark Side

Ang Mutya
Ng Section
The Dark Side
E

eatmore2behappy

## Human

***Jay-jay's POV***

Yung ke-aga-aga sermon agad ang ipapakain sayo. Nasa mood siguro si Kuya—nasa mood manermon.

**"Hindi mo na nakumpleto ang araw ng pasok mo! Lagi nalang halfday tapos late ka pa!"** Sermon nya sakin habang nasa hapag kainan.

Nakayuko tuloy ako habang sumusubo ng kanin. May pagkakataong sumusulyap ako kay Aries na nasa tapat ko pero hindi man lang nya ko tinitignan.

*Mas gusto nyang kaharap yung hotdog!*

**"Anu bang nangyayari sa school nyo?! Tinanggalan na nga kayo ng room tapos hindi pa kayo mabigyan ng maayos na klase!"**

Bakit kaya ako ang kinagagalitan nya tungkol sa bagay na yon? Samantalang pwede naman nyang puntahan yung school namin para malaman nya.

**"Tama na ang sermon. Kumain ka na."** Nakangiting sabi ni Tita Gema.

Maganda ang mood nya ngayon, dapat si Kuya din pero nung nakita nya ko bigla nalang tinopak.

*Maganda naman ako, bakit kaya bigla syang nagalit?*

Narinig ko sila kagabi, meron daw investors from UK na interesado sa kumpanya nila Tita. Ngayon yata ang meeting nila.

Kaya ang aga-aga ng gising nila para mag-ready at ang aga-aga din nila kaming ginising. Wala naman kaming kinalaman sa nangyayari sa investors keneme na yan.

Pero kung sino man sya, pagpalain nawa sya. Mula UK—*UKay-UKay*—este United Kingdom dadayo pa talaga sya dito para lang makita si Kuya Angelo. Pak na pak! Kaya pala napaka-gwapo ni Kuya Angelo ngayon, wag lang talaga uusok ang ilong nya sa galit.

**"Ma, hindi ka talaga sasama?"** Tanong ni Kuya bago simulang kumain.

**"Hindi na. Kaya mo na yan."**

**"Okay, tatawag nalang ako agad para bigyan kayo ng update."**

Hindi na nagsalita si Tita. Tinapik nalang nya si Kuya sa braso at bumalik na sa kusina. Binalikan ko ng tingin si Aries ng bigla syang tumayo.

**"Maliligo na ko. Bilisan mo dyan."** Sabi nya sakin at umalis.

Iniwan nya ko sa lamesa kasama si Kuya. Iniwan nya ko? Iniwan ako! INIWAN AKO!!

*Lagot!*

Binilisan ko ang pagkain ko dahil parang alam ko na ang mangyayari.

**"Hoy Jay-jay, sinasabi ko sayo! Pa-graduate ka na! Wag ka nang gagawa ng ikapapahamak mo!"** Sabi nya sakin.

Para akong kasali sa karera dahil sa bilis ng pagsubo at pag-nguya ko. Kulang nalang lunukin ko na agad.

**"Nakikinig ka ba—."**

**"Tapos na kong kumain!"** Sabi ko habang punong-puno ang bibig.

Patalon akong tumayo at naglakad paalis ng hapag. Muntik pa kong mabulunan ng isigaw nya ang pangalan ko pero hindi ko sya pinansin.

Ang sama ko na pero putik, wala ako sa mood makinig ng sermon nya. Hindi ko naman kasi masabi sa kanya yung totoong nangyayari sa school namin. Hindi ko rin masabi sa kanya na meron ding kaming problema.

Baka lalo lang lumala ang sitwasyon kung malaman pa nya. Hindi rin nya maiintindihan.

Dumiretso na ko sa banyo para maligo. Sa pagkakataon na to uunahan ko si Aries. Hindi na ulit ako magpapa-iwan at baka maulit yung kahapon.

Tumawag sakin si Yuri kagabi. Nalaman na nya kung sino ang mga punyetang animal na nagtangka sakin. Tauhan nga sila ni R.Sato. pero ang hindi ko maintindihan parang hindi naman sila seryoso sa pagkidnap sakin.

Madalas kasi pinapatulog ako ng mga nagtatangka sakin—hello?! Ilang beses yon na laging ganon. Tapos sila wala lang, parang joyride lang. Iba yung trip sa buhay nung mga yon.

Mabilis akong nag-ayos paglabas sa banyo. Tinignan ko din ang oras sa wallclock at ng mapansin kong maaga pa naman naupo muna ako sa dulo ng kama at binuksan ang cellphone ko.

Meron akong text galing sa GagongBaliw at meron din galing kay Yuri. Inuna ko yung President ng Shunga Lovers Club at baka mahalaga.

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Do you want me to pick you up?*

Napanguso ako. Sasabay ako sa Horoscope. Nagtype naman ako agad ng ire-reply sa kanya.

**To:** *Pres.Yuri*
**Message:** *Wg na. Saby aq ky Big Bro.*

**From:** *Pres.Yuri*
**Message:** *wow. Haha ingat! I'll wait for you at the school gate.*

Gago ata! Wow daw eh. Nang-aasar ata ang pulang buhok na to. Hindi ko nalang pinansin yon at binuksan nalang ang message ng ugok.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Almost*

Tulok! Eto pang isa. Anong '*almost*'? Sabog ata ang isang to nung nagtype ng message. Ang mga tao talaga ngayon iba ang trip sa mundo. Ano kaya tinitira nila?

Hindi ko na ni-replyan ang talipandas. Baka mahawa pa ko ng kabaliwan sa kanya. Siniksik ko nalang yung phone ko sa bag.

Habang nagsusuot ng sapatos narinig ko ang pagkatok sa pinto ng kwarto ko kasunod ng pagsigaw.

**"Bilisan mo Jay! Hihintayin kita sa labas!"** Si Aries dala ang kapalaran ko.

**"Ge!"** Tanging sagot ko sa kanya.

Binilisan ko na ang kilos at baka maghurumintado nalang ang kapatid ko sa galit. Masama pa namang topakin ang Horoscope at baka maging malas ang araw ko.

Matapos mag-ayos kinuha ko na ang bag ko at lumabas na ng kwarto. Kasalubong ko pa si Kuya na masama ang tingin sakin.

**"Jay! Sinasabi ko sayo! Umayos ka!"** Sabi nya sakin habang naka-duro.

Nag-peace sign lang ako sa daliri sabay ngiti ng malapad habang naglalakad at nakaharap sa kanya. Paglagpas ko kumaripas na agad ako ng takbo.

Nasa labas na si Aries at nakasandal sa kotse nya.

*Naks! Lakas maka-gwapo.*

**"Ang bagal mo."** Sabi nya bago sumakay sa kotse nya.

Napanguso naman ako. Mabagal pa yong binilisan ko na nga ang kilos. Tumakbo na nga ako. Gusto ata nyang maging si Flash pa ko para lang masabi na mabilis ako.

Sumakay na rin ako sa kotse nya. Wala naman syang naging kibo habang nagmamaneho. May pagkakataong tumitingin ako sa labas at sa mga kotse sa likod.

Kailangan kong maging alert at baka umariba na naman yung mga tauhan ng pesteng Sato na yun.

*Gagana kaya sa kanila ang Swiper no Swiping?*

Napansin ko ang pagbagal ng kotse hangang sa lumiko kami sa isang subdivision. Hindi pamilyar sakin ang lugar at hindi ko din alam kung sinong taga-dito.

Pero nasagot ang tanong ko ng makita ko ang isang babae sa hindi kalayuan. Naka-uniform ng HVIS. Sumasabay sa hangin ang mahaba nyang buhok at kumikinang ang mala-porselana nyang kutis. At syempre ang mala-anghel nyang muka.

*Pero mala-demunyita mag-isip.*

Tinignan ko si Aries. Seryosong-seryoso ang luko at parang hindi nya alam na nagkaroon kami ng problema ng babaeng to. Hindi ko nga lang sure kung nagkasundo na kami, kasi ang alam ko—hindi na talaga kami magkakasundo.

Huminto ang kotse sa tapat nya. Sa tapat ni Ella. Mukang susunduin pala ang Horoscope ang babaeng to. Nakangiti naman syang lumapit sa side ko at binuksan ang pinto.

Mabilis nga lang nawala ang ngiti nya ng makita ako. *Hehe.* Ako naman ang ngumiti sa kanya.

**"Sa likod na nalang ikaw."** Sabi ko ng may halong pang-aasar.

Nangunot agad ang noo nya. **"I......no.....you have to move. May pag-uusapan kami ni Aries."**

Halos magkasunod kaming tumingin ss kapatid kong pinaglihi ata sa sama ng loob. Nakataas lang ang isang kilay nya samin.

**"What?"**

Tinitigan ko sya sa pagbabaka-sakali na makuha nya ang nais kong sabihin—na ako dapat dito at si Ella sa likod. Pero wala talagang paki-alam isang to. Inirapan lang nya kami at tumingin sa daan.

**"Please Jay."** Sabi ni Ella pero halatang hindi nakiki-usap.

Para akong toro na napabuga ng hangin sa ilong. Ang tindi ng taong to eh! Padabog akong lumabas at lumipat sa backseat. Kulang nalang masira ang pinto dahil sa pagkakasara ko.

Halos matanggal ang mata ko sa kaka-irap sa hangin. Nagsisimula na namang pakuluin ang dugo ko ng babaeng to.

*Namo ka! Tatampalin kita. One time.*

Pina-andar na ulit ni Aries ang kotse pero napatingin ako kay Ella ng mapansin kong meron syang inaabot sakin. Napasibangot ako.

**"Ano yan?!"** Inis na sabi ko.

**"MP3 player and a headset. So you won't hear anything from us."** Mataray na sagot nya.

Napairap na naman ako dahil sa inis. **"Wag na! Meron ako."**

Kinuha ko naman ang headset at cellphone ko sa bag. Kinabit ko agad yon sa tenga ko at kulang nalang itodo ko ang volume.

Naiinis na talaga ko, sisipain ko ang muka ng impakta'ng to. Nakakagigil! Edi sya na ang maganda. Sa sobrang inis ko kung ano nalang ang na-play ko ng hindi ko napapansin ko.

**"** ***Mahirap talagang maging T.A.N.G.A.*** **"**

*Ay putik!*

Nanadya yata ang kantang to. Parang patama sakin. Eto yata ang magandang team song ng club namin.

Hindi ko na pinansin yung dalawa sa harap. Bahala sila mag-usap. Kahit anong gaiwn nila wala na kong paki-alam. Kahit maghalikan pala sila at maghalayan.

Pero mukang hindi naman ganon ang ginagawa nila. Binalak ko pang hinaan ang volume ng cellphone ko para marinig ang pinag-uusapan nila pero baka makahalata tong isa.

*Wag ng tangkain at baka mapahamak.*

Hindi nagtagal at nakarating na kami sa school. Nauna na kong bumaba sa kanila at hindi na rin nagpaalam. Tinanggal ko ang headset ko at binalik yon sa bag kasama ng cellphone.

**"Jay."** Tawag sakin ng kung sino sabay hawak sa siko ko.

Nilingon ko yon at naka-ngiti'ng bumungad sakin si Yuri.

**"Ay oo nga. Nakalimutan kong hihintayin mo nga pala ako."** Sabi ko sabay kamot sa ulo.

**"Yan...kapag talaga hindi mahalaga ang isang tao, mabilis kinakalimutan."**

Napakurap-kurap naman ang mga mata ko habang nakatingin sa kanya.

**"Anong pinaglalaban mo?"**

**"Ang pagmamahal ko sayo."** Sagot nya sabay ngiti ng malapad.

Bahagya naman akong natawa sa kanya pero may halong pang-aasar.

**"Ha.ha. hindi ka nag-almusal no?"** Tanong ko at nakangiti ng nakakaloko sa kanya.

Ngumiti din sya na parang bata. **"Hindi nga."**

*Baliw sya dahil sa gutom.*

Natawa nalang kami pareho at napailing. Naglakad na kami papunta sa auditorium. Habang palapit kami ng palapit hindi ko mapigilan na hindi kabahan. Ewan ba! Sana naman hindi na kami magka-gulo kagaya kahapon.

Pagpasok sa loob, iba ang nadatnan ko kesa sa inaasahan ko. Tamihik ang lahat at parang may misa sa simbahan dahil sa mga itsura nila.

Ang tanging kakaiba lang na napansin ko ay nahati sa dalawang grupo ang mga Ulupong. Nakahiwalay sila Mayo at Kit. Silang dalawa lang at yung ibang Ulupong nasa kabila.

Sa halip na lumapit sa iba kagaya ng ginawa ni Yuri pinili kong lumapit kils Kit.

**"Anong meron? Bakit andito kayo?"** Tanong ko.

**"Paki mo!"** Inis na sabi ni Mayo habang nakatingin sakin ng masama.

Siniko sya ni Kit para patigilin.

**"Hindi ikaw kausap ko."** Sagot ko naman.

Humarap sakin si Kit at ngumiti. **"Lumayo muna ko sa kanila para hindi na magka-gulo."**

Nginuso ko si Mayo. **"Eh ayan?"**

**"Sumunod lang sakin. "**

Napayuko ako. Kinailangan pa talaga nyang mag-adjust para sa mga impaktong makikitid na utak na to.

**"Kung tutuusin, hindi naman ikaw dapat ang mag-adjust para sa kanila. Sila dapat ang gumawa non para sayo."**

Narinig ko ang nakaka-insulto pagtawa ni Mayo. **"Akala mo naman gagawin nila yon."**

Nagsalubong na ng tuluyan ang mga kilay ko. **"Bakit ba sabat ka ng sabat? Kausap ka ba?"**

Inirapan nya ko. **"Umalis ka na nga dito."**

**"Ayoko!"** Umupo ako sa tabi ni Kit. **"Dito ko uupo."**

Bigla nalang tumingin si Kit sa mga Ulupong kaya napatingin na rin ako sa kanila. Lahat sila nakatingin samin at yung iba kagaya ni Drew nakatingin ng masama kay Mayo.

Ang hindi ko lang maintindihan kung bakit pati sila Eren at Josh na kaibigan nitong dalawa na to, ay kasama ng mga impaktong Ulupong.

Nakita ko si Ci-N na parang wala pa ring naiintindihan sa nangyayari. Kagaya kahapon ng umuwi kami. Sinubukan ko syang kausapin, pero wala syang naging kibo.

Dumating na si Sir Alvin at kahit nagtataka sa naging pwesto namin hindi nalang nya yon pinansin pa at nagsimula ng magturo.

May pagkakataong napapatingin ako kay Kit dala ng pag-aalala ko sa kanya. Hindi ko mapigilan ngayon halos kumpleto ang buong Section E.

*Buti nalang wala pa yung pesteng Hari.*

Natapos ang klase namin kay Sir Alvin. Meron naman akong naintindihan kahit kaunti. Hindi ko na sasabihin kung ano yon, sakin nalang yon baka kasi mawala pa.

Habang inaayos ang bag kong iilang pirasong notebook lang ang laman. Narinig ko ang pagtawag sakin ni mga hudlong.

**"Jay..."** Si Rory. **"...dito ka. Wag ka dyan."**

Napa-irap ako. **"Gusto ko dito."**

**"Wag ka nga dyan."** Inis na sabi ni Denzel.

**"Wag ka nga maki-alam."**

**"Ang kulit! Dito ka na maupo."** Inis na sabi ni Edrix.

**"Ay ang kulit! Dito ko nga gusto."**

*Magpatigasan tayo ng bungo.*

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Kit. **"...siguro dapat dun ka na sa kanila."**

**"Ayoko nga! Sabi ko sayo, sa tabi mo lang ako kahit anong mangyari."**

**"Oo nga... Pero hindi literal."**

**"Dito ka na, Jay-jay."** Sabi ni Drew. **"...baka mahawa ka pa ng kabaklaan dyan."**

*Ay Gago.*

Bago ko pa man sya mamura, nagtagpo na ang muka nya at kamao ni Mayo. Nagka-gulo na naman sila at kanya-kanya ng awat sa kung sinong gustong aawatin nila.

"*Tang*na mo!*"

"*Bakla!*"

"*Gago ka! Linisin mo yang bibig mo!*"

Napasabunot nalang ako sa buhok ko. Ang hirap ng ganitong susugurin nalang nila ang kaklase nila basta-basta.

Ano pa nga naman bang aasahan ko, eh Ulupong nga sila.

Malalim na buntong hininga ang pinakawalan ko. May ilang minuto din ang hinintay namin bago tuluyang mapaghiwalay ang dalawa.

Napatungan ang pasa at sugat ni Drew ng panibagong galos at marka. Halatang gusto na syang lumpuhin ni Mayo dahil sa galit.

**"Okay na? Tapos na? Humalik na yung mga nguso nyo sa kamao ng isa't-isa baka pwede na kayong tumigil?"** Sarcastic na sabi ko.

**"Sya naman may kasalanan!"** Turo ni Mayo kay Drew.

**"Pikon ka kasi! Palibhasa totoo!"** Sagot naman nitong isa.

Tinangka naman syang abutin ni Mayo pero lima na ang humawak sa kanya para patigilin sya. Gumitna na rin si Yuri at David.

**"May mali ba?"** Sabi ni Ci-N at napatingin ako at ang iba sa kanya. **"May mali ba sa kanila?"**

*Ci-N...*

**"Diba ang bakla, yung nagbibihis ng babae kahit lalaki sila?"** Tanong nya at agad na nalipat ang atensyon ng iba sa kanya.

**"O-oo..."** Alanganing sagot ko. **"...pero hindi lang dun yon—."**

**"Alam ko."** Putol nya sa sasabihin ko. **"...Alam ko na kahit hindi sila nagbibihis babae may chance na magka-gusto din sya sa kapwa nya lalaki."**

**"Ano bang gusto mong sabihin?!"** Inis na tanong ni Mayo.

**"May pinsan ako. Close kami kasi mabait sya sakin—."**

**"Hindi ngayon ang tamang oras para mag-story telling ka."** Singit ni Josh.

**"—nagpaka-matay sya."** Natigilan kaming lahat. **"...kasi hinusgahan sya ng mga tao sa paligid nya dahil lang sa bakla sya."**

**"Yan ba yung dahilan kung bakit tahimik ka?"** Tanong ko.

Nag-nod naman sya kasabay ng pagtulo ng luha nya. **"Hindi ko maintindihan. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang husgahan ang isang tao ng dahil lang sa bakla sila."** Tumingin sya sakin. **"...tao pa**

**rin naman sila diba? Sila pa rin yung nakakasama natin? Sila pa rin yung tumutulong satin? Sila pa rin yung nagpapangiti satin? Wala naman nagbago sa kanila, umamin lang sila kung sino sila. Kaya anong mali?"**

Katahimikan. Yun ang bumalot saming lahat. Gusto ko mang sagutin ang tanong nya hindi ko magawa. Hindi ko alam kung pano ipapaliwanag sa kanya.

*Hindi ko alam kung anong mali.*

**"Hihintayin ko pa bang magpakamatay din si Kit bago masagot ang tanong ko?"** Sabi nya habang pinupunasan ang luha. **"...nawalan na nga ako ng pinsan, mawawalan din ba ko ng kaibigan?"**

Simula ng makilala ko si Ci-N, lagi nalang nya kong pina-mamangha sa mga ginagawa at sinasabi nya. Ang talino nya, ang galing nya at ang pagiging mapursige nya.

Ngayon, namangha na naman ako sa kanya dahil sa mga sinabi nya. Halatang sampal sa mga Ulupong na to ang mga salitang yon. Kanya-kanya sila ng iwas at ang iba naman ay napayuko.

**"Wag ka mag-alala."** Sabi ni Kit at ngumiti sa kanya. **"...hindi ako mawawala."**

Tinapik ko sa balikat si Kit bago lumapit kay Ci-N. Niyakap ko sya mahigpit. Ngayon kaya ko ng ipaliwanag sa kanya.

**"Walang mali sa kanila. Walang mali sa pinsan mo at kay Kit."** Tinignan ko ang mga Ulupong. **"...mali ang mga taong humuhusga sa kanila ng hindi man lang alam ang pinag-dadaanan nila. Mali ang mga taong yon dahil sarado ang isip nila. Mali sila dahil sariling pang-unawa lang nila ang ini-intindi nila. Sila ang mali hindi si Kit....hindi ang pinsan mo."**

Yumakap din sya sakin. Bata pa talaga sya. Bata'ng-bata mag-isip sa mga bagay-bagay. Masyado'ng inosente sa mga bagay na kung tutuusin dapat may alam na sya.

**"Tama si Jay-jay."** Sabi ni Edrix. **"...kung tutuusin hindi muna dapat natin hinusgahan si Kit."**

**"Pero hindi mo rin naman siguro kami masisisi. Nakakasama namin sya sa lahat ng bagay, tapos isang araw—ganun-ganun nalang yon."** Sabi ni Rory.

**"Bigyan mo muna siguro kami ng oras para mag-adjust."** Sabi ni Calix.

**"Siguro nga.... Kaibigan pa rin naman namin si Kit. Kaya matatanggap din namin sya."** Dagdag ni Blaster.

Ng mga oras na yon bigla kong naalala yung mga Ulupong na nakilala ko dati. Yung mga ugok na kahit alam kong Gago, maasahan naman.

Parang may kumurot sa puso ko. Hindi ko naman dapat maramdaman to eh, pero hindi ko mapigilan.

**"Sala—."**

**"Hey, you!"** Sigaw ng kung sino na pumutol sa sasabihin ko.

Nangunot ang noo ko. Anong ginagawa ng babaeng to dito?

**"S-si Honey ba yan?"** Tanong ni Felix habang nakatingin sa babaeng galit na galit sa bawat hakbang palapit samin.

Huminto sya sa mismong harapan ko. Kahit si Ci-N nabigla sa kanya kaya agad na nagtago sa likod ko.

**"Jay-jay, right?"** Maarteng tanong nya sakin.

**"O-oo."**

**"Where is your stepbrother?"**

Nangunot ang noo ko sabay tingin kay Felix na taka'ng-taka rin sa nangyayari.

**"P-percy ba?"**

Pinagtaasan nya ko ng kilay. **"Do you have another stepbrother aside from him?"**

Umiling ako. *Anong bang problema nito?*

**"Then, answer my question."** Utos nya.

Parang may kung anong pumitik sa utak ko at nagsimula na kong mairita sa pagmumuka nya.

**"Problema mo ba? Ano bang kailangan mo sa kanya?"**

Pinanlakihan nya ko ng mata. **"Your. step. brother. owe. me. a. lot."**

*Shit!*

Anong gulo to Percy?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 252

**A/N:** Congratulations sa mga Graduate at Moving up *keneme* na hindi ko magets! Hahahaha Charot! Bayad na ang paghihirap nyo at maghihirap pa kayo lalo! Bwuahahahahahahaha! 😂😂😂😂 Ang harsh ko ba!

Joke lang. Lagi nyo tatandaan na pasasaan ba at matatapos din ang paghihirap! Good luck sa inyong bagong school level or classmate. Aral mabuti!

Thank you so much sa cover na ito.@scarlet_cacai26

# Ang Mutya Ng Section E Dark Side

eatmore2behappy

eatmore2behappy
Ang Mutya
Ng Section E
DarkSide

eatmore2behappy
Ang Mutya Ng
Section E
DarkSide

Ang Mutya
Ng Section E
Dark Side
eatmore2behappy

Thank din po sa cover na ito. @ColdGirl197

# Ang Mutya ng Section E

Eatmore2behappy



"Hindi ko kakayaning mawala ka. So, please... Don't move on" -Keifer
-AMNSE-


Eatmore2beHappy
Ang Mutya Ng Section E


Ang Mutya Ng Section E
(The Dark Side)
By: Eatmore2behappy

キラキラ!
ShiningNinja
- JAYRI -
JayRi's Clan


Woah! I love you Rakki!
RakCi's Squad Goals
^RAKCI^
-Forever-
"Walang Forever! Pero samin ni Rakki meron!"

## Hide and seek

*Jay-jay's POV*

**"Aray ko!"** Reklamo ko habang pilit binabawi ang kamay ko.
**"...nasasaktan naman ako sa kuko mo!"**

**"You walk like a tortoise. So slow!"** Inis na sabi nitong Honey.

Patuloy sya sa pagkaladkad sakin. Partida naka-high heels pa yan. Kung nasa mood lang talaga ako ngayon sasapakin ko na sya eh. Kakatapos lang ng drama namin ng mga Ulupong kaya mabigat pa pakiramdam ko.

Nakarating kami sa labas ng school kung saan naka-park ang kotse nya. Malilintikan ako nito kay Kuya Angelo, iisipin nyang nag-cut ako ng class.

*Pano ko kaya papaliwanag sa kanya na tinangay ako ng bubuyog?*

**"Get in!"** Utos nya paghinto namin sa tapat ng kotse nya.

*Wawawiwow. Ferrari.*

Agad kong hinawakan ang pulso ko ng bitawan nya yon. Ang sakit talaga ng pagkakahawak nya. Feeling ko sagad sa buto. May galit ata sakin ang babaeng to!

**"Bakit ba kailangan kasama pa ko? Si Felix dapat ang sinama mo."** Sabi ko.

Basta nalang nya kasi ako hinablot. Hindi pa ko nakakasagot at si Felix sa kanya non. Malay ko naman kasi kung nasan yong magaling na lalaking yon.

**"Are you damn or what? Obviously because you're his stepsister."** Sagot nya sabay pitik sa daliri.

*Aba teka! Tinarayan ako.*

Nagpamaywang ang isang kamay ko. Ang isa naman at ginaya ang maarteng porma ng kamay nya animong handang mangalmot dahil sa haba ng kuko.

**"Obviously, you're damn."** Sagot ko sabay pitik sa hangin. **"...si Felix ang kasama nya sa bahay kaya sya dapat ang hinatak mo."**

**"Eew. Don't copy me."** Sabi nya sabay taas ng isang kilay. **"Hindi ko pwedeng dalhin si Felix."**

Binaba ko ang kamay ko mula sa baywang at isa naman napa-sampal sa noo ko. Matigas din ang ulo ng isang to eh. Bagay silang mag-Bessy ni Freya.

**"Bakit naman ba?"**

**"Because we have a past."**

Napataas ang isang kilay ko. **"Naging kayo?"**

**"No!"** Mabilis nyang sagot. **"Niligawan nya ko pero hindi ko sya sinagot. Things like that."**

Nag-nod naman ako kuwari pero hindi talaga ako kumbinsido sa sagot nya. Hindi kasi sya makatingin sakin ng diretso at parang nate-tense sya. Nawala yung katarayan nya kanina.

*I smell something.....amoy jebs.*

**"Eeww... Umutot ka ba?"** Tanong ko sa kanya sabay takip ng ilong.

Tinignan nya ko ng masama. **"Hell no!"**

Tinignan ko yung paligid. Wala namang aso or kahit na anong dumi ng hayop sa paligid namin. Binalikan ko ng tingin si Honey at napansin ko ang pamumuo ng pawis sa noo nya.

Napangiti ako ng malapad. **"Ikaw nga yung umutot ano?"**

**"N-no! Stop it!"**

Lalo akong napangiti. **"Sige nga. Kung hindi ka umutot pahawak ng tenga."** Sabi ko at inamba ang kamay sa tenga nya. **"...sabi nila kapag malamig ang tenga umutot."**

Agad nyang nilayo ang tenga nya sakin. Hinampas din nya ang kamay ko dahilan para mapangiwi ako sa sakit.

**"What the fvck?! Sumakay ka na nga! Nag-iinit ang ulo ko sayo."**

Napairap naman ako sa kanya at sumakay na nga sa magarbo nyang kotse. *Sheeeet!* Upuan pa lang, lakas na maka-yaman. Parang gusto ko tuloy ng ganitong kotse.

Sumakay na rin sya at mabilis na pina-andar ang kotse. Buti nalang at medyo mabagal ang ang mga sasakyan sa harap namin dahil parang handa na syang humarurot sa higpit ng hawak nya sa manibela.

**"What's with the traffic? Buti pa sa London hindi ganito."** Inis na sabi nya.

Napatingin naman ako agad sa kanya. London ang sinabi nya? Sa London. Ang alam ko....

*Hindi kaya magkasama sila?*

**"Galing kang London?"** Tanong ko.

Tinignan nya ko sandali bago ituon ulit ang paningin sa daan.

**"Yes. I am."** Bored nyang sagot.

**"M-mag-kasama ba kayo ni K-keifer?"** Alanganing tanong ko.

Gusto kong bawiin ang sinabi ko. Ayoko talagang alamin. Kakaiba ang kutob ko sa magiging sagot nya. Pero malaki'ng bahagi ko ang gustong marinig ang sasabihin nya.

**"Y-yes."** Sagot nya at agad na bumigat ang dibdib ko.

*Putena kang talipandas ka!*

Sinasabi ko na! May kawalang-hiyaan nga ang hayop na yon. Kaya pala natitiis ako ng Gago'ng yon. Kaya pala! Hudas ka! Kapatid ka ni Herodes! Pisti ka! Pisti!

**"...but please don't tell him that I admitted it to you! He will kill me!"** Dugtong nya na nagpatigil sakin.

Taka ko syang tinignan kahit sa totoo lang bet ko ng hatakin ang mahabang buhok nya at iuntog ang muka nya sa manibela.

**"A-ano bang..."**

**"Yes, I'm with him in London but the reason is because of my job."** Paliwanag nya habang paminsan-minsang tumitingin sakin. **"...He's my boss."**

Napakurap-kurap ako sa mga pinag-sasasabi nya. Boss nya si Keifer? Empleyado lang sya? At ang buong akala ko may nagaganap na milagro sa pagitan nila.

**"Teka nga! Ihinto mo nga to! Ipaliwanag mo nga ng maayos!"** Inis na utos ko.

**"Ugh! I can't believe I have to do this!"** Reklamo nya pero niliko parin nya ang kotse para iparada sa gilid ng daan.

**"Ipaliwanag mo ng maayos! From the top!"** Utos ko ulit.

Inirapan muna nya ko bago magsalita. **"Look, Keifer is my Boss. I know you already know that my uncle is his lawyer. Kailangan nya ng mapag-kakatiwalaan na tao, at isa ako don."**

**"Ano trabaho mo sa kanya? Sexytary? Ganon?!"** Pagtataray ko.

**"You can say....but maybe not. As far as I remember si Keigan ang assistant nya."**

Si Keigan? Kinalaman ni Keigan? Ang bata pa kaya non. Kasing edad ni Ci-N, pero sabagay matalino naman sya. Parang matanda mag-isip.

**"Ok. Kuwari nalang assistant ka."** Sabi ko para isantabi ang usapan. **"...pero ano'ng ginagawa nyo sa London?"**

*Nag-feeling Hari at Reyna? Ganern?*

Muli na naman syang umirap na para bang napaka-tanga ko kausap.

**"Duh! Hindi mo ba nabalitaan ang paglipat ng lahat ng pera ng Watson's sa kanya?"**

Napakamot ako sa batok. **"N-nabalitaan naman."**

**"And you're asking a damn question."** Sarcastic na sabi nya. **"...where talking about billions or trillions of money here. Ano sa tingin mo ang gagawin namin sa London? Of course to work with it! To help him transfer and work with the papers."** Inis na paliwanag nya. **"...seriously?"**

*Sorry naman! Malay ko naman dyan.*

Para akong nanliit sa kinauupuan ko dahil sa paraan nya ng pagsasalita. Feeling ko ang tanga-tanga ko at hindi ko naiintindihan yung mga ginagawa nila.

**"Eh k-kung may trabaho pala kayo, bakit andito ka?"**

Tinignan na maman nya ko na para bang ako na ang may pinaka-maliit na utak sa mundo.

**"Wala ka ba talagang alam sa nangyayari kay Keifer?"**

Umiling ako habang bakas ang pagtataka. Tinitigan nya ko ng ilang sandali bago pag-desisyunang paandarin ulit ang kotse.

**"Later."** Ang tanging isinagot nya sakin.

Pinili ko nalang na tumahimik at baka mapikon na sya ng tuluyan hindi ko pa malaman ang dapat na malaman sa ugok na yon.

Pero bakit si Keifer ang tinutukoy nya eh tungkol sa kanya ang tanong ko? Labo din nito. At anu bang ginawa ng kapatid kong baliw sa kanya?

*May ginawa sigurong kalokohan yon.*

**"Saan natin pupuntahan si Percy?"** Mahinahong tanong nya.

**"Try natin sa bahay nila ni Felix."**

Itinuro ko sa kanya ang daan. Hindi nagtagal at kumanan sya sa subdivision kung saan ang bahay nila. Kita ko agad ang bahay nila Felix na may ilang beses ko na ring napuntahan.

Ituturo ko pa lang sana yon sa kanya pero mukang hindi na kailangan. Malayo palang kasi nakatitig na sya ng masama don. Kusa din syang huminto sa tapat ng hindi man lang tinatanong sakin ang eksaktong bahay na pupuntahan namin.

*Parang may something talaga eh.*

Bumaba na ko ng kotse at ganun din sya. Hindi muna ko gumalaw nung una para tignan kung sya na ba ang kakatok at haharap sa mga tao sa loob. Nung hindi sya kumilos, ako na ang gumawa at dalawang beses kong pinindot ang doorbell.

Ilang sigundo lang ang hinintay namin ng bumukas ang gate at seryosong naka-tingin samin ang Mama ni Felix. May hawak pa syang potholder at nakasuot pa ng apron.

**"J-jay-jay? K-kamusta? May kailangan ka ba?"** Nauutal na tanong nya.

Napansin ko na parang hindi sya mapakali at may ilang beses din syang lumingon sa loob. Hindi ko sigurado kung bakit sya nagkakaganyan pero may kakaiba na kong kutob. Ngumiti ako sa kanya.

**"Magandang araw po. May kasama po ako na naghahanap kay Percy."** Sabi ko sabay turo kay Pulot. **"...sya po si Hali—este Honey Bee."**

*Muntik ko ng sabihing Halimaw.*

Ngumiti naman si Tita sa kanya. **"K-kamusta? Nice to meet you. Ako pala ang mother ni Percy."**

Lumapit naman si Honey sa kanya. Nakangiti pa sya sabay beso sa magkabilang pisngi bago tuloy-tuloy na pumasok sa gate.

*Ay wow!*

Huminto sya sabay tingin sa paligid bago kami harapin. **"Nice to meet you rin po. Shall I call you Mom or Mama or Mommy?"**

*Ene? Iba rin ang kakapalan ng muka nito. Solid!*

Napangiwi ako sa inasta nya. Puno naman ng pagtataka ang Mama nila Felix.

**"H-ha?"** Ang tanging nasagot nya.

Ngumiti ulit si Honey sabay hawi ng mahaba nyang buhok. **"Ako po ang future daughter-in-law nyo."**

Yung namangha ka nalang sa kakapalan ng muka nya. Napakurap-kurap nalang ako. Kakaiba ang babaeng to. Sobrang kakaiba, dinaig pa yata ako.

Ang tanong sino ang makakatuluyan nya. Si Percy ba o si Felix na parang may something sa pagitan nila.

Pinilit ngumiti ni Tita sa kanya. **"G-ganun ba?"**

**"Opo. Asan po pala si Percy?"**

Napansin ko ang mahigpit na pagkakahawak nya sa potholder. Hindi rin sya makatingin sa mga mata ni Honey. Halatang merong mali o mas tamang sabihin na merong tinatago.

**"W-wala sya eh."**

Mabilis na tumaas ang isang kilay ni Honey. Mukang nahalata din nya na meron kakaiba kay Tita.

**"Nasan—?"**

**"Mama! Sunog luto mo!"** Sigaw ng isang bata mula sa pinto ng bahay.

Natarantang pumasok si Tita para puntahan ang niluluto. Pumasok naman ako para tignan kung sino yung batang nagsalita. Napangiti ako ng makita sya at ang kulay asul nyang mga mata.

*Si Dalia.*

**"Hello, naalala mo pa ko?"** Tanong ko habang bahagyang naupo para pantayan sya.

Hinawi nya ang mahabang buhok na nakaharang sa muka nya. Ngumiti sya sakin at tumango.

**"Ate Jay-jay."** Sagot nya at niyakap ako.

Niyakap ko din sya at hinalikan sa pisngi. Ilang buwan pa lang nung huli naming pagkikita pero parang ang laki na nya agad. Mabilis talagang lumaki ang mga bata ngayon.

Narinig ko ang bahagyang pag-ubo ni Honey mula sa likod ko. Bumitaw ako mula sa pagkakayakap ni Dalia at tinignan sya.

Muntik ko na syang makalimutan. Namiss ko kasi ang Baby girl nila Felix. Kahit medyo creepy yan, labs-labs ko yan.

**"Si Dalia, bunso'ng kapatid nila Felix at Percy."** Pakilala ko sa kanya.

Bahagya syang yumuko at nginitian si Dalia. **"Hello Dalia, you have a beautiful eyes."**

Nanlaki ang mata ni Dalia at tinuro sa muka si Honey sabay sigaw ng **"Impakta!"**

Nagulat ako sa sinigaw nya kaya mabilis kong tinakpan ang bibig nya. Mang tignan ko si Honey halos matunaw kami sa sama ng tingin nya samin.

**"Excuse me?!"** Iritang sabi nya.

**"W-wag mong pansinin yon. H-hindi nya alam ibig sabihin non."** Pagsisinungaling ko sabay ngiti.

*Maniwala ka nalang, pakshit!*

**"Whatever. Asan ang Kuya Percy mo?"** Tanong kay Dalia.

Tinanggal ko ang pagkakatakip ko sa bibig nya. Tinignan nya si Honey pero wala syang kahit na anong sinabi. Hindi ko mapigilan na hindi kabahan. Baka kasi nasaktan ko sya ng hindi ko alam.

Hinarap ko si Dalia sakin at nginitian sya. **"May problema ba?"**

Lumapit sya sa tenga ko at bumulong. **"Sabi ni Kuya, magnanakaw daw yan ng Puri. Wag ko daw kakausapin."**

Anong?! Sira-ulo talaga ang Blue eyes na yon! Pati ba naman yon tinuro sa bata. Kung hindi ba naman abnormal ang lintik.

Bago pa man ako makapagsalita, tumakbo na sya papasok sa bahay kung saan nagpunta ang Mama nya. Tumayo ako at kamot ulo na hinarap si Honey.

**"M-mukang wala si Percy."** Sabi ko.

Halatang hindi sya kumbinsido sa sinabi ko. Bigla nalang syang pumasok sa bahay habang sinisigaw ang pangalan ng kapatid kong tukmol.

*Pasaway kasi! Kainis!*

**"Where the hell are you Percy?!"** Sabi pa ni Honey.

Lumabas na mula sa kusina sila Dalia at ang Mama nya. Nakakapit ang bata sa dulo ng damit ng ina habang takang nakatingin sa babaeng sigaw ng sigaw.

Inakyat na rin nya ang second floor ng bahay. Nagulat si Tita kaya agad syang sinundan. Naiwan si Dalia at maya-maya lang ay lumapit sya sakin at hinawakan ako sa kamay. Akala ko dahil natatakot sya pero unti-unti nya kong hinatak papunta sa likod ng bahay nila.

Dito kami nagkita ni Percy non nung panahong pinagtataguan nya pa ang mga kaibigan at pamilya nya. Tumigil kami sa harap ng CR kung saan nya ko hinatak non.

*Parang alam ko na.*

Binuksan ko yung pinto ng CR at tiningala ang kisame. Hindi nakalapat ang sarahan sa butas non.

**"Percy."** Mahina'ng tawag ko sa kanya pero sapat para marinig nya.

Hindi nagtagal at bumukas yon at sumilip ang kulay asul na mata ng baliw kong kapatid.

**"Hi Jay. Andyan pa sya?"** Mahinang tanong nya.

Nag-nod ako sa kanya. **"Anong ginawa mo? Bakit hina-hanting ka non?"**

**"Hindi ako sumipot sa Date namin kagabi."**

Sandali akong tumingin sa loob ng bahay bago sya muling harapin para kausapin.

**"Anong date? Kayo na ba?"**

Mabilis sya umiling. **"Impakta yan. Ang kulit-kulit."**

Napailing nalang ako habang natatawa. Sa kanya pa talaga nang-galing ang salitang yon. Sa kanya pa talaga. SA KANYA PA TALAGA, AH?

**"Ayaw mo bang maulit ang nangyari sa inyo non?"** Pang-aasar ko.

Bigla nalang syang umarte na parang nandidiri. **"Niyurakan nya puri ko tapos uulitin ko pa. Aba naman!"**

Napalakas ang huling sinabi nya dahilan para mag-echo yon sa banyo. Agad akong tumingin sa loob ng bahay pero mukang hindi rin nila napansin o narinig pa yon.

*Niyurakan......lalim!*

**"Ikaw nga. Wag mo turuan si Dalia ng mga ganyang salita."** Sermon ko sa kanya.

**"Hindi naman nya alam ang ibig sabihin non."** Sagot nya sakin.

Napairap nalang ako. Tukmol talaga sya. Sarap gawing pula ang asul na mata nya.

**"Sige na. Hahatakin ko na paalis dito para makalabas ka na dyan."** Dinuro ko sya. **"...may utang ka sakin."**

**"Thanks *sista*."** Maarteng sagot nya at kumindat.

Sinara ko ang pinto ng banyo at hinawakan si Dalia sa kamay para ayaing pumasok sa loob. Naririnig ko sila Tita at Honey na mukang nag-uusap.

**"Ate Jay-jay."** Tawag sakin ni Dalia. **"Ano yung puri?"**

*Anaknang... Eto na sinasabi ko.*

Napakamot ako sa ulo. **"Isang bagay na meron ang Kuya Percy mo pero hindi halata."**

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Hindi ko mapigilan na hindi matawa. Alam ko naman kasi na hindi nya talaga naiintindihan yon. Masyado pa syang bata para ipaliwanag ang bagay na yon sa kanya.

Pagpasok namin sa loob. Stress na stress ang itsura ng bubuyog. Maka-ilang ulit nasuklay ang buhok habang merong tinatawagan sa cellphone.

Napatingin samin si Tita na parang merong gustong itanong. Mukang alam nya kung saan nagtago ang luko nyang anak. Ngumiti lang ako at pasimpleng sumenyas ng thumb's up sa kanya.

Huminga naman sya ng malalim at parang nawala ang pag-aalala. Hinarap nya ulit si Honey na mukang inis na inis na sa cellphone nya.

Malakas na buntong hininga na may kasamang sigaw ang binitiwan nya. Bahagyang natakot si Dalia sa ginawa nya at nagtago sa likod ko.

Humarap sya samin na nakangiti. Muka syang baliw na malapit ng mawala sa sarili.

*O baka talagang nawawala na.*

**"Pagbalik ni Percy, pakisabi sa kanya na sagutin ang tawag ko. Mauuna na po ako."** Sabi nya at tuloy-tuloy na naglakad palabas ng bahay.

**"Teka!"** Tawag ko sa kanya.

Balak pa yata akong iwan, eh sya tong nagsama sakin dito. May sira talaga sa tuktok yon.

Nagpaalam na ko kay Dalia at sa Mama nya. Sinabi kong babalik nalang ako kapag may oras ako. Nanghingi din ako ng sorry dahil sa pang-gugulo nitong Impakta'ng to.

Patakbo akong lumabas para habulin si Honey. Buti nalang at pasakay pa lang sya ng kotse kaya abutan ko sya.

**"Hoy! Hoy! Aba! Baka gusto mo muna akong hitayin."** Sabi ko sabay turo sa kanya.

**"Whatever! Get in!"** Sigaw naman nya sakin.

Tulok tong babae na to. Hindi lang nakita si Percy tinopak na. Kasalanan din naman kasi nya, kung hindi nya kinulit ng kinulit yung isa hindi naman sya tataguan.

Sumakay ako sa kotse nya at padabog  na sinara ang pinto ng kotse. Wala naman syang sinabi sa ginawa ko kaya hinayaan ko nalang sya.

*Mayaman naman sya, marami sya pambili kotse.*

Halatang naiinis na pa rin sya sa taguang nangyari sa kanila ni Percy. Atat pa naman akong itanong sa kanya yung sinasabi nya tungkol kay Keifer.

Panu ko kaya sisimulang itanong sa kanya?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 253

**A/N:** Happy Birthday Cliff!
Hindi na uso cake ngayon. Mais na daw! Hahaha...

Thank you for this cover. SissyDoggie

DUROG NA TO! TINURO KO ANG PUSO KO.
...PIGA NA TO! TINURO KO ANG UTAK KO.
...AT PAGOD NA PAGOD NA ANG KATAWAN
KO!TAPOS GUSTO MONG UMAYOS AKO?!
TANG INA PALA!

"Hindi ko namalayan na nailapit
ko na pala ang stick sa labi ko.
Panget daw sa babae ang manigarilyo,
Bakit?Nakaka gwapo ba sa Lalaki?"

"AKALAIN MO YUNG ARAW NG MGA PUSO NGAYON.
KINAPA KO ANG DIBDIB KO.
BAKA KASI WALA PALA AKONG PUSO HINDI KO ALAM."


"BACHELOR OF SCIENCE IN SUICIDAL
ATTEMPT MAJOR IN MAG-LASLAS AT
MAG-BIGTI WITH SPECIAL PROGRAM
OF UMINOM NG LASON PARA TAPOS ANG HIRAP."

Thank you po dito. @Dark_Yume


Ang
Mutya
Ng
Section
E

## King

*Jay-jay's POV*

**"Saan punta?"** Halos pabulong kong tanong.

Muka kasing nasagad na tong si Honey. Ang higpit ng hawak sa manibela. Parang matatanggal na. Nagsisimula na ring bumilis ang takbo ng kotse nya.

*Ferrari to men! Lilipad kami dito!*

Wala akong makukuhang sagot sa kanya kung ganito sya. May utang pa syang paliwanag sakin sa nagaganap sa buhay nung Hari ng mga Ulupong.

**"Damn it! Ugh!"** Sigaw nya na muntik ng magpatalon sakin.

Kung hindi ba naman kasi, nabaliw na yata sya ng tuluyan. Kailangan ko ng tumalon palabas ng kotse. *Mygudness!*

Pero mukang hindi ko na kailangan pang gawin yon. Unti-unti'ng bumagal ang takbo ng kotse at pinarada nya yon sa gilid ng daan.

**"May problema—?"** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil bigla nyang paghampas ng malakas sa manibela.

*Putcha! Lalabas na ko baka ako naman ang hampasin nya.*

**"I hate them! I hated Felix and now I hate Percy! They're jerks!"** Sigaw nya.

Napakapit nalang ako sa bangkuan ko dahil sa takot ko sa kanya. Malay ko ba kung anong sunod nyang gawin. Hindi ko pa naman mabuksan yung pinto kaya hindi ako makaalis agad.

**"A-ano ba kasing ginawa s-sayo nung dalawa?"** Alanganing tanong ko.

Dapat kasi hindi na ko magsalita eh. Kaso baka ako naman ang pagbuntunan nya kung hindi ko ibabaling ang atensyon nya sa iba.

Bigla nalang syang sumigaw ng pagkatinis-tinis. Makabasag eardrums at parang nalaglag lahat ng tulok ko sa tenga.

*Alay....seket.*

**"That Felix! He's damn! And that Percy!"** Huminga sya ng malalim. **"...we supposed to have a date last night. Ang hirap isingit ng date na yon sa schedule ko tapos sasayangin lang nya! Samantalang sya ang nangako sakin ng date!"**

Nangunot ang noo ko. Parang may mali. Si Percy pala ang nangako ng date eh bakit sya ang nagtago? Ang gulo-gulo nitong dalawa na to.

**"Sya ang nangako?"**

**"Yes! Sabi nya, tulungan ko syang maka-usap si Keifer at bilang kapalit ide-date nya ko! That guy! So stupid!"** Inis na sabi nya.

*Kausapin si......putik!*

May ginagawa ang lukong yon na hindi ko alam. Bakit nya kinausap ang ugok na yon? May nagaganap ba na hindi ko alam. What iz de meaning of thez?

**"A-anung pinag-usapan n-nila?"**

**"I don't know. I don't stick my nose with his personal businesses."**

Kainis! Kakaiba yung pakiramdam ko. Hindi pa naman mahilig magsabi ang Persing na yon. Yung dahilan nga ng galit nya kay Yuri hindi ko pa rin alam eh.

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Hindi ko gusto tong nararamdaman ko. Kapag talaga may kinalaman sa Dimunyung Hari hindi ako mapakali.

**"May utang ka pa nga palang paliwanag sakin."** Sabi ko ng hindi na inaalintana ang galit ng bubuyog.

Tumaas ang isang kilay nya. **"What?"**

Ako naman ngayon ang nakaramdam ng inis. **"Yung pinag-uusapan natin kanina! Kung bakit kayo umuwi dito sa Pilipinas ng Hari—ni Keifer!"**

Matalim na irap ang binigay nya sakin. Lalo akong nainis sa ginawa nya. Sundutin ko kaya mata nito?

*Bulagin ko na ba?*

**"Mas mabuti siguro kung dalhin kita sa kanya."** Sabi nya at mabilis na pina-andar ang kotse.

Hindi na ko nakapalag pa. Napakapit nalang ako sa pwedeng kapitan dahil sa bilis nyang magmaneho. Daig pa nya kasali sa karera. May ilang beses din kaming nabusinahan ng mga kotse dahil sa pag-over take nya.

Dahil na rin sa taranta at takot hindi ko na nagawang tignan ang paligid. Nakahinga lang ako ng maluwag ng lumiko sya sa isang malawak na parking.

Paghinto ng kotse. **"Baba!"**

Napairap naman ako. Akala mo naman! Paglabas ko ng kotse parang gusto ko ulit bumalik sa loob. Ang malaking sign ng Fer Corp kasi ang bumungad sakin.

*Anak nang.... Pagnakita ako ni Kuya, todas ako!*

**"Umaano tayo dito?!"** Tanong ko habang palinga-linga.

Baka andito lang si Kuya Angelo sa paligid. Babalatan ako ng buhay non. May kasama pang sermon yon kapag ginawa nya.

**"Pupuntahan si Keifer."**

Napahinto ako. Pupuntahan? Panung—*anak ng shutanginamers!* Wag mong sabihin na—wag nga! Di nga!

Kusang gumalaw ang mga paa ko papunta sa entrance ng building. Ang daming tao na nagkalat. Karamihan nakasuot ng pang-business. Nawalan na ko ng paki kung makita man ako ni Kuya Angelo.

*Kainis! Bakit ba ko nasasabik na makita sya?!*

Bigla nalang may humawak sa braso ko bago pa ko makapasok sa mismong entrance. Paglingon ko ang mataray na muka ni Honey ang bumungad sakin.

**"What are you? Stupid? Kung hindi mo napapansin meron nagaganap dito!"**

Tinignan ko ang paligid at ang mga taong nakita ko na kanina. Karamihan sa kanila nakatingin samin.

**"Miss Jasper Jean."** Tawag ng kung sino.

*Naks. Lakas maka-ganda ng salitang Miss.*

Nilingon ko yon at palapit ang isang pamilyar na babae. Nakangiti naman syang huminto sa harap namin kasabay ng pagbitaw ni Honey sa braso ko.

**"Si Sir Angelo po ba ang pinunta mo?"** Magalang na tanong nya sakin.

Alanganin ngiti at ngiwi ang ginawa ko. **"A-ano..."**

Hindi ko maalala kung sino sya. Assistant ata ni Kuya Angelo o isa sa mga empleyado na naka-harap ko na dati.

**"We're looking for Mr. Watson."** Singit ni Honey.

**"Ahh sya po ba? Nasa conference room pa po sila ni Sir Angelo."**

Magkasama sila? *Shet!* Sabi ko na. Sya nga yung investor keneme na pupunta galing UK.

Napahawak ako sa ulo ko. Ano ba naman yan? Ayaw na yata mag-function ng utak ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Gusto ko syang makita pero para saan naman? Panu kung ayaw naman pala nya kong makita.

**"Sa loob nyo nalang po sya antayin. Tara at ikukuha ko kayo ng visitor's ID."** Aya nitong babaeng kaharap namin.

Nagpauna syang maglakad at sumunod naman si Honey sa kanya. Ayaw gumalaw ng mga paa ko. Badtrip! Ngayon pa talaga sila nanigas.

*Nasobrahan ata sa balot.*

**"Ano! Dyan ka nalang?"** Iritang sabi ni Honey dahilan para pagtinginan na naman kami.

Pinilit kong igalaw ang mga binti ko. Parang robot ang mga paa ko habang humahakbang pasunod sa kanila. Lalo akong pinagtinginan ng mga tao.

Umayos naman kasi kayo! Papaputol ko kayo dyan eh. Sa reception ko nakita si Honey at yung babae. Meron syang kinuha na malaking ID. Kagaya ng binigay nila sakin dati nung unang punta ko palang dito.

Nang makalapit, inabot sakin ni Honey ang ID na para sakin. Sinuot naman nya yung para sa kanya.

**"Dito po tayo."** Aya nung babaeng kausap namin.

Dinala nya kami sa likod na bahagi ng reception. May naglalakihang sofa set at coffee table sa gitna. Marmol na pader lang ang naging pagitan nito sa mismong reception. Samantalang salamin naman yung ilang bahagi kung saan kita ang labas ng building.

Naupo ako sa isa sa mga sofa kung saan kita'ng-kita ang elevator. Ewan ko pero hindi na naalis ang tingin ko don.

**"Ipapasabi ko nalang po sa taas na nandito kayo at naghihintay."** Sabi ng babae pero pinigilan agad sya ni Honey.

**"Don't bother. Tinext ko na si Keigan."**

Ngumiti nalang yung babae at nagpaalam na. Nagpasalamat naman ako at binalik ang tingin sa pinto elevator.

Hindi na ko tuluyang nakapasok sa klase. Alam ko din na nag-aalala na si Ci-N at Yuri sakin pati na rin yung ibang Ulupong. Gustohin ko man silang tawagan hindi ko magawa dahil naiwan ang phone ko sa bag na nasa school.

**"Alam mo, muka kang timang."** Sabi ni Honey sakin.

Napairap ako saktong paglingon ko sa kanya. Naka-di-kwatro pa sya ng upo habang nakaharap sa cellphone nya.

*Sana talaga kinuha ko yung phone ko!!*

**"K-kelan pa kayo bumalik ng Pilipinas?"** Tanong ko.

**"Ako? Kahapon lang. Si Keifer? I don't know."**

**"Anong you *don't know*? Akala ko ba magkasama kayo sa UK?"**

Umirap sya bago sumagot. **"Duh! Malamang not all the time. Besides, ilang beses nya kaming tinakasan. Malalaman nalang namin dahil bigla-bigla silang nag-aaway ni Keigan."** Sandali syang nagtype sa cellphone at nagsalita ulit. **"...but from what I understand. Ilang beses syang umuwi dito sa Pinas."**

*Ilang beses umuwi?*

Kung may ilang beses na pala syang umuuwi, bakit hindi man lang sya nagpapakita samin......*o sakin?* Anong ibig sabihin non? Binibigay nya yung space na sinasabi nya?

O baka naman ayaw na talagang magpakita.

Napahawak ako bigla sa dibdib ko. Nakakainis! Kusa nalang kasing kumikirot to kapag pumapasok sa isip ko ang bagay na yon.

*Na baka ayaw na nya talaga sakin.*

**"K-kamusta pala sya?"** Hindi ko mapigilang hindi itanong.

**"Ayos naman, I think. Kagaya pa rin ng dati. He don't talk too much. Always alone and drink. Ang nabago lang siguro yung pagtigil nya sa paninigarilyo."** Paliwanag nya.

Gusto kong malaman kung kumakain ba sya ng maayos. Gusto ko malaman kung may ibang babae ba syang kinakausap. Gusto kong malaman kung....kung....*kung nami-miss din ba nya ko.*

Naiinis ako sa sarili ko. Asang-asa na naman ako sa kanya. Hindi naman kasi dapat ganito. Bakit ba masyado akong nagpapa-apekto sa kanya? Bwisit! Kasalanan mo tong impakto ka.

Napatingin ako kay Honey. Naiingit ako sa kanya. Naiingit ako kasi nakakasama nya si Keifer. Hindi ko maiwasan na hindi hilingin na sana ako nalang ang nasa kalagayan nya.

Naalala ko tuloy nung unang beses ko syang makilala. Inis na inis ako sa kaartihan nya at kalandian nya. Speaking of unang makilala, meron akong biglang naalala.

**"Diba sabi mo wala naman kayong something ni Keifer?"** Tanong ko kay Honey.

Nag-nod naman sya bilang sagot.

**"Eh bakit unang beses tayong magkita, para kang ahas kung maka-lingkis sa kanya?"** Medyo inis na tanong ko.

Nag-isip sya sandali bago umayos ng upo. **"Ow, that one!"** Ngumiti sya ng matamis sakin. **"...It's just for a show. Madalas naming gawin yon para itaboy ang mga babae'ng umaaligid sa kanya. May pagka-chickboy si Keifer pero maselan pa rin sya pagdating sa babae."**

*Itaboy?*

**"Sino namang itibataboy nyo nung araw na yon?"**

**"None. It was the other way around. He's making someone jealous."** Sagot nya at kumindat sakin.

Nakipagtitigan sya sakin at puno ng kahulugan ang mga tingin nya. Parang bang sinasabi nya '*you know what I mean, don't play dumn with me*'. Mabilis akong umiwas ng tingin dahilan para tumawa sya.

*Badtrip!*

Tumunog ang cellphone nya kaya huminto sya sa pagtawa. Sinagot nya yon at nakipag-usap sandali. Nang ibaba nya ang cellphone tumayo sya at naglakad.

**"Tara..."** Aya nya bago ako lagpasan. **"...pababa na sila."**

Pagkasabi nya non, tumingin ako sa elevator. Kitang-kita ko mula sa maliit ng monitor sa taas ang number ng floor kung nasan ang elevator at ang arrow na tumuturo pababa.

Unti-unti'ng bumilis ang tibok ng puso ko. Para bang parating na ang kinatatakutan ko. Pero iba ang takbo ng isip ko. Nagdadalawang isip ako kung magpapakita ba ko sa kanya o hindi.

Alin man sa dalawa isa lang ang dikta ng katawan ko. Hindi na kasi ako makagalaw mula sa kinatatayuan ko. Hindi na rin maalis ang tingin ko sa lintik na elevator na yan.

Humihigpit ang paghinga ko hangang sa tumunog ang bell ng kamatayan—este ng elevator.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko. Parang nagwawala na sa dibdib ko. Gusto na yatang humiwalay sa katawan ko.

*Umayos ka! Dudukutin kita!*

At ng tuluyan ng bumukas ang pinto, unti-unti'ng naglabasan ang mga tao. Si Keigan ang una kong nakita, parang nag-iba ang itsura nya. Namayat ng kaunti.

Sa likod nya, naglalakad ang taong matagal ko ng gustong makita. Ang taong kinaiinisan ko pero hinahanap-hanap ko. Ang taong isinusumpa ko pero iniiyakan ko. Ang taong gusto'ng-gusto kong paulanan ng mura.

**"K-keifer..."**

Naka-business attire. Pulido ang galaw na para bang isa syang kagalang-galang na tao. Medyo nag-matured ang itsura pero gwapo pa rin. Maaliwalas ang muka.

Sandali syang nakipag-usap sa isa pang lalaki na naka-business attire din. Nagkaroon ako ng pagkakataon para pagmasdan pa sya.

**"Kailangan ko ng umalis."** Sabi ni Honey pero hindi ko sya pinansin.

Hindi ko na namalayan na naka-alis na pala sya sa tabi ko. Hindi ko pa rin kasi inaalis ang tingin ko sa punyeta'ng Hari.

Gusto kong ihakbang ang paa ko para sugurin sya. Gusto kong sumigaw para murahin sya. Gusto kong.....gusto kong iparamdam sa kanya ang paghihirap namin ng mawala sya.

*Anak ka ng earth Keifer!!*

Bakit ganito ang epekto mo sakin? Hayop! Hindi makagalaw ang katawan ko. Ayaw sumunod sakin ng mga binti at tuhod ko. Shutanginamers naman!

Huli ko na napansin na basa na pala ang pisngi ko ng mga luha. Pota! Hindi naman dapat ako umiiyak. Wala dapat iiyak! Kingina! Kasalanan nya lahat to!

Kasalanan mo tong animal ka! Wala kang ibang ginawa kundi paiyakin ako. Hudas ka! Putena ka! Isa kang malaking-malaking pisti! *Waaaahhhhhh!*

Sisigawan talaga kita! Kapag nakaharap kita ng malapitan. Sa mismong muka mo sisigaw ako! Sisigawan kita! Sisigawan kita ng.....

**"PUTANG'NA MO KEIFER!!"**

Huli na ng mapagtanto kong isinigaw ko talaga ang iniisip ko. Natakpan ko nalang ang bibig ko. Kasunod non ang pagtingin sakin ni Honey at ng ibang tao.

Pero hindi yon ang inaalala ko. Ang hindi pag-galaw ng Hari ang ikinabahala ko. Nakilala kaya nya yung boses ko?

Kailangan kong magtago! Ano.....dapa! Hindi. Gapang.....tabling.....gulong! Kinginames! Para akong may pinagkaka-utangan na pinagtataguan.

Sa kagustuhan kong mataguan ang Hari. Tumalon ako mula sa kinatatayuan papunta sa kabilang bahagi ng sofa. Daig ko pa action star sa ginawa ko.

"*Sino ba yon?*"

"*Please someone call a security.*"

"*Ang kabataan talaga ngayon.*"

"*What a filthy mouth.*"

Dinig kong sabi ng mga tao sa hindi kalayuan sa pinagtataguan ko. Mamaya na kayo tumawag ng security kapag nawala na sila dyan.

May narinig akong yabag ng mga paa palapit sa pwesto ko. Hala! Ayan na yung mga sekyu.

**"Where is she?"** Sabi ng isang pamilyar na boses.

Nanigas ang katawan ko. Pati paghinga ko pinigil ko na rin wag lang nila malaman kung nasan ako. Hindi ako handa'ng humarap sa kanya.

*Sigawan mo ba naman eh!*

Pero kahit ganon, parang musika sa tenga ko ang boses nya. Parang medyo lumaki ang tinig nya. Puberty hit, ganern!

**"Nawala po sya."** Sabi ng isang malaking boses.

**"I'm sorry Mr. Watson. Maniwala po kayo, hindi po namin empleyado yon."** Sabi ng isang babae na parang nagmamaka-awa.

**"It doesn't matter. Hindi naman maapektuhan non ang business proposal nyo."** Sagot nya. **"...I just don't like hearing inappropriate word. Maybe I'll make her pay with those *profanity*."**

Napapikit ako ng matindi. Alam nyang andito ako. Alam nya! May diin ang huling word na sinabi nya. Putik!

**"Kuya!"** Boses ni Keigan. **"...we have to leave. Male-late na tayo sa flight."**

*Sige! Alis na!*

**"Okay."** Sagot nya at nakarinig ako ng ilang hakbang ng paa palayo.

Kahit wala na kong naririnig hindi pa rin ako umaalis sa pinagtataguan ko. May presensya kasi ng tao akong nararamdaman. Malakas ang kutob ko!

Tumama naman ang hinala ko ng marinig ko syang magsalita.

**"Maybe next time."** Sabi nya na parang papalayo. **"...Jay-jay."**

Tuluyan na kong lumabas sa pinagtataguan ko. Pero wala na sya, nakatalikod sakin at palabas na ng building. Gusto kong maiyak ulit!

Yung atungal talaga. Yung parang sa bata.

At mukang yun nga ang gagawin ko mamaya. Dahil sa hindi kalayuan, nakatayo si Kuya Angelo. Salubong na salubong ang mga kilay at parang umuusok na ang ilong sa galit.

*Patay! Burol! Libing!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 254

**A/N:** There's no special day as your Birthday. But I don't feel special at all.

Thank you so muh for this cover. SheikaOlib



BY: EATMORE2BEHAPPY

# ANG Mutya Ng SECTION E

(THE DARK SIDE)

BY: EATMORE2BEHAPPY
Ang
Mutya
Ng
SECTION
E
(THE DARK SIDE)


(THE DARK SIDE)
ANG
Mutya
NG
SECTION
E
(THE DARK SIDE)
By: Eatmore2behappy
PIC·COLLAGE

## Who knows

### *Jay-jay's POV*

**"AaaaaAaaaAaalllLllaaaAaaayyyyyyy!!!"** Sigaw ko habang hatak hatak ni Kuya Angelo ang tenga ko.

Ang masakit pa nito, mula sa building ng Fer Corp hangang sa parking lot hawak-hawak nya ang maliit kong tenga. Pakiramdam ko malapit-lapit na syang matilas.

*Bitaw na please!!*

**"Ang tigas ng ulo mo! Kung kelan malapit na ang final exam nyo dun kapa nagluko!"** Sermon nya.

**"Masakit Kuya!"** Mangiyak-ngiyak na reklamo ko.

Paghinto namin sa tapat ng kotse nya. Dun palang nya ko binitawan. Mabilis kong hinawakan ang tenga ko'ng manhid na ata sa sakit.

Binuksan nya ang pinto ng kotse nya. **"Sakay!"** Utos nya.

**"Teka lang naman!"** Reklamo ko.

Ang sakit sakit ng tenga ko. Hindi ko pa keri'ng makinig sa sermon nya. Baka lalo lang sumakit to kapag narinig ko pa ang sasabihin nya.

Mukang napansin ni Kuya na malapit na kong lumuha ng matindi-tindi. Huminga sya ng malalim at nag-cross arm bago sumandal sa kotse nya.

**"Kanino mo nalaman..."** Mahinahong sabi nya. **"...na darating si Keifer?"**

Umiling ko habang pinupunasan ang mga mata ko. **"Wala. Hindi ko din alam na darating sya."**

**"Eh anong ginagawa mo dito?"**

**"Si Honey, dinala ako dito. Tapos dito ko nalang din nalaman na sya yung Investor *keneme* na galing UK."** Tinignan ko sya na parang nagtatampo. **"...Eh ikaw? Bakit hindi mo sinabi sakin na si Keifer pala yung investor?"**

**"He's not the investor. Representative lang sya. Wala pa syang 21 at hindi pa sya graduate para kayaning magpatakbo ng company."**

**"Kahit na! Hindi mo pa rin sinabi na darating sya!"**

Bigla nalang syang umamba ng batok sakin. Agad kong sinangga ang mga braso ko at umiwas sa kamay nya.

**"It's a business matter! Hindi ka naman nagta-trabaho sa company para sabihin ko sayo!"**

Napa-nguso ako. Hirap namang kausap nitong si Kuya eh. Palibhasa kasi walang ka-alam-alam sa mga naganap sa buhay ko kaya hindi nya ma-gets yung gusto kong sabihin.

**"Sumakay ka na."** Utos nya sabay turo sa bukas na pinto ng kotse. **"...ihahatid kita sa school nyo."**

Padabog akong sumakay sa kotse nya. Salubong na salubong ang kilay ko at kulang nalang mawala na ang pagitan non.

Nakakatuwa din tong si Kuya. Wala na kong papasukan tapos ihahatid pa ko sa school. Aano ako don? Papasok ulit para umuwi?

*Isang hakbang papasok ng gate tapos labas ulit.*

Wala ng nagsalita samin simula ng umandar ang kotse. Nakatutok lang sya sa kalsada samantalang ako nakatutok ang isip sa Animal na Hari.

Kinginames! Sasapakin ko talaga sya sa susunod. Hindi ako makapaniwala sa hayop na yon. Tiniis talaga nya ko. Okay lang talaga sa kanya na hindi kami magkita.

Putang'na yang space na yan. Dun na sya tumira sa outer space. Landiin nya yung mga alien don. Kainis! Magsama sila ni E.T.

Yung isang buwan nya, isang dekada yata talaga. Naiiyak ako sa sobrang inis. Bwisit kasi! Bwisit! BWISIT!

*Bwisit ka Keifer! Bwisit ka talaga!*

Hindi man lang nya inalam kung okay ako. Hindi man lang nya inalam kung kumakain ako ng maayos. Hindi man lang nya inalam yung nangyayari sa Section namin. Hindi man lang nya inalam kung napasali na naman ako sa gulo.

Walang inalam ang hayop—!

**"Kinamusta ka nya."** Sabi ni Kuya dahilan para mapatingin ako sa kanya. **"...kinamusta ka ni Keifer."**

**"Tang'na!"** Wala sa sariling sagot ko.

Agad akong tinignan ng masama ni Kuya. **"Minumura mo ba ko?"**

Mabilis akong umiling. **"H-hindi ikaw. Si Keifer."**

Binalik nya ang tingin sa kalsada at nagpatuloy sa pagmamaneho. Umayos ako ng upo at bahagyang umubo para iklaro ang lalamunan.

Kung tama ang dinig ko, kinamusta ako ng talipandas.

**"A-anung sabi nya?"**

**"Kamusta ka daw. Yun lang."**

Napakurap-kurap ako. Yun lang? Yun lang?! YUN LANG?! Na-excite pa man din ako. Hanep talaga! Wala akong masabi sa pagiging Gago ng Hari ng mga Ulupong.

**"W-wala na?"**

Sandaling tumingin sakin si Kuya bago ibalik ang paningin sa kalsada.

**"Wala na. Bakit? Meron ba dapat?"**

Gusto kong iuntog yung ulo ko sa bintana ng kotse. Ginagalit talaga ako ng hudas na yon. Pisti! Pisti!

Hindi nagtagal nakarating na kami sa tapat ng school. Huminto ang kotse pero bago pa man ako makababa may sinabi si Kuya na nagpahinto sakin.

**"Mahal mo ba talaga si Keifer?"**

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Gusto kong sumagot ng *Oo*, pero alam kong magagalit sya kapag narinig nya ang sagot ko na yon.

Mukang nahalata naman nya na ayaw kong sumagot.

**"Hindi naman kita binabawalan na magmahal. Pero siguro, wag si Keifer."**

Tinignan ko sya na puno ng pagtataka. Naiintindihan ko nung binawalan nya kami dati dahil engaged ako kay Yuri non. Pero yung ngayon, bakit?

**"Mahirap mahalin ang isang Watson, malaki ang kabayaran."**

*Magkano ba? Mag-iipon ako.*

**"Tinatakot mo ba ko?"**

**"No, I'm telling you the truth."**

Nag-nod lang ako bilang pagtanggap sa mga sinasabi nya. Binuksan ko na ang pinto ng kotse at lumabas. Hinintay muna nya kong makapasok sa gate bago sya umalis.

At yun na rin ang naging signal ng mga mata ko para pabagsakin ang mga luhang kanina pa excited lumabas.

Ang daya kasi! Bakit parang ako lang ang nahihirapan na hindi kami nagkikita? Bakit parang ako lang ang sumasalo ng sakit? At bakit ba asa'ng-asa pa rin ako sa hudas na yon?

**"Jay-jay?"** Tawag ng kung sino.

Nang tignan ko yon, si Yuri na palapit sakin ang nakita ko. Pinunasan ko ang mga luha ko at ngumiti sa kanya. Pero hindi pa man din ako nakakapag-salita, ang mga braso na nya ang sumalubong sakin.

Mahigpit ang naging yakap nya. Hindi ko na rin napigilan na yumakap sa kanya at kasunod non ang pagragasa na naman ng mga luha ko. Daig pa falls sa dami ng pagbagsak.

**"Keep crying. I'll be your handkerchief to wipe your tears."** Sabi nya na lalong nagpalakas ng iyak ko.

**"N-n-nakita ko s-sya."** Sabi ko at naramdaman ko ang paghigpit ng yakap nya. **"...b-bakit ganon, p-parang ako lang ang nag-h-h-hirap saming d-dalawa?"**

**"Parang hindi mo sya kilala."** Sabi nya at tumawa ng mapait. **"...muka lang syang bato pero mamon ang loob non."**

Bahagya akong napatawa pero hindi sapat yon para patigilin ang luha ko. Sumiksik pa ko sa dibdib nya.

**"Jay..."** Tawag nya sakin. **"...luha mo lang pupunasan ko ah? Hindi kasama sipon."**

*Ay putik!!*

Agad akong lumayo at bumitaw sa pagkakayakap nya. Kagaya nga ng inaasahan ko, basa na ang puting polo nya dahil sakin.

Huminga ako ng malalim habang pinupunasan ang mga luha ko. **"Sorry."**

Ngumiti sya. **"Okay lang. Damit lang yan."**

Lumapit sya sakin at hinawakan ang kamay ko. Malungkot ang mga mata kahit nakangiti sya.

**"Nakapag-usap ba kayo?"**

Umiling ako. **"Natakot akong magpakita sa kanya."**

*Murahin mo ba naman.*

**"Bakit?"**

**"Baka kasi hindi ako nakapag-pigil. Masuntok ko sya. Ganda pa naman ng ayos nya."**

Narinig ko ang mahina nyang pagtawa. Hinatak nya ko at kinulong ulit sa mahigpit nyang yakap.

Pero may kakaiba sa yakap nya. Parang puno ng takot at pangamba. Alam kong ako ang dahilan non. Hindi ako manhid. Ramdam ko sa bawat pag-aalaga nya sakin, ramdam ko lahat na binibigay nya ang makakaya nya.

Pinili ko lang hindi magsalita. Ayoko kasing mawala yung natitira samin ni Yuri. Masaya ako sa kung anong meron kami. Hindi sya nanghihingi ng kapalit o sukli sa lahat ng effort na ginagawa nya.

Wala pamimilit hindi kagaya dati. Walang pwersahan na dapat ganito na dapat ganun. Mas komportable ako ng ganito kami.

*Si Yuri ang comfort zone ko.*

**"Alam nyo bang bawal ang PDA dito?"** Boses ni Aries.

Sabay kaming naglayo ni Yuri at napatingin sa kanya. Salubong ang mga kilay habang naka-cross arm.

**"Saan ka galing?"** Tanong nya.

**"S-sa Fer Corp."**

Mabilis na nagbago ang expression nya pero binago din nya agad.

**"Nagkita kayo?"** Mahinahon nyang tanong.

Mabilis kong nakuha ang ibig nyang sabihin. Alam din pala nya na darating ugok na yon. Eto na naman yung kakaibang pakiramdam ko. Yung pakiramdam na pinagkaisahan na naman ako.

Tipid na tango lang ang sinagot ko sa kanya.

**"Anung sabi nya sayo?"**

Minabuti kong hindi na sagutin pa ang tanong nya.

**"Aries... Mamaya nalang siguro tayo mag-usap. Babalik na kami sa klase."**

Hindi ko na hinantay ang sasabihin nya. Nagpa-una na kong naglakad papuntang auditorium. Hindi nagtagal naramdaman ko ang pagsunod ni Yuri.

Malapit na kami sa mga Ulupong ng hawakan nya ang braso ko at pahintuin ako.

**"Jay... Anung problema?"**

Hinarapan ko sya at tinignan sa mga mata. **"Alam mo din ba?"**

Nagtaka sya nung una pero mukang nakuha din nya agad. Binitawan nya ang braso ko.

**"Alam mo din ba?"** Pag-uulit ko. **"...alam mo din ba na darating sya?"**

Mabilis syang nag-iwas ng tingin. Dun palang alam ko na ang sagot sa tanong ko.

*Alam nya. Alam na alam nya!*

Ayokong magalit sa kanya, pero hindi ko maiwasan na hindi damdamin ang ginawa nila. Naglakad ako ulit palapit sa mga Ulupong.

Wala akong makitang teacher. Mukang hindi na naman sila nagpakita ngayon para mag-turo.

Nakita ako ni Ci at agad nya kong sinalubong.

**"Jay... Anu nangyari? Saan ka dinala nung Honey?"**

Sa halip na sagutin sya. Tinignan ko sya ng seryoso sa mga mata.

**"Alam mo din ba?"**

Taka nya kong tinignan. **"Ang alin?"**

**"Na darating sya?"**

Nangunot ang noo nya sa pagtataka. Hindi nya makuha ang ibig kong sabihin.

**"Sinong darating?"**

Mukang wala syang alam. Napabuntong hininga ako.

**"Dumating si Keifer."** Halos pabulong kong sabi.

Bakas ang gulat sa itsura nya. Taranta nyang kinuha ang cellphone sa bulsa at nagbukas ng message.

**"Bakit ganon? Wala naman syang message sakin simula kahapon."** Sabi nya at pinakita sakin ang mga messages sa Inbox nya.

*Mukang sinadya nyang hindi sabihin kay Ci-N.*

**"Hayaan mo na. Hindi rin naman kami nakapag-usap."** Walang gana ko sabi at naglakad palapit kila Kit.

Nakahiwalay pa rin sila pero kasama na nila si Eren at Josh. Naupo ako sa tabi ni Kit na bagsak ang balikat.

Malalim ang naging buntong hininga ko na umagaw sa atensyon ng apat.

**"Uy. Anu nangyari? Saan ka dinala ni Honey?"** Tanong ni Eren.

Nakita kong palapit ang ibang Ulupong samin para pakinggan ang isasagot ko. Maliban kay Drew at Yuri na piniling pagmasdan kami mula sa hindi kalayuan.

**"K-kila Felix. Hinanap namin si Percy."**

Taka naman tumingin samin si Felix. **"Anung meron kay Kuya? Bakit nyo hinanap?"**

Sya naman ang tinignan ko na puno ng pagtataka. Wala ba syang ka-alam-alam sa pagitan ng dalawa?

**"Mali ang tanong mo. Dapat *anong meron sa inyo ni Honey?*."**

**"Samin?"** Tanong nya sabay turo sa sarili. **"...w-wala. Iniinis ko lang sya dati na *Manang.* Tapos pagbalik nya galing US, sinungitan na nya ko. Nagbago na rin itsura nya sa ganyan."**

Napataas ang isang kilay ko. **"Hindi yun ang sinabi nya sakin."**

Sabay-sabay na tumingin ang mga Ulupong sa kanya. Sabay-sabay din silang sumigaw ng *Ayyiieeehhhh!!*

"*Haha... May something to!*"

"*Anong kababalaghan ang naganap sa inyo?*"

"*Ano na? Ano na? Magsabi ka na!*"

Agad na nailang si Felix at pilit lumalayo sa mga nang-aasar sa kanya. Mukang malapit-lapit na rin syang mapikon.

**"Wala nga! Ano ba!"** Inis na sabi nya.

Aasarin pa sana sya g mga luko kundi lang sya umali at lamayo samin. Tumalikod din sya para hindi namin makita ang reaksyon nya.

*Kita'ng-kita naman na namumula ang tenga nya.*

**"Jay..."** Nag-aalalang tawag sakin ni Ci-N. **"...okay ka lang ba?"**

Nag-nod ako sa kanya. **"Masama lang loob ko kasi hindi ko sya naka-usap."**

**"Sino?"** Tanong ni Denzel. **"...Sinong hindi mo naka-usap?"**

Tinignan ako ni Ci na parang naghihingi ng permiso. Tipid na tango ang binigay ko sa kanya. Hindi ko alam kung umaarte lang ba sila na walang alam o sadyang hindi talaga nila alam.

**"Si Keifer. Bumalik na sya."** Sabi ni Ci-N.

Sari-sari ang naging reaksyon nila.

"*Bakit hindi sya nagpapakita satin?*"

"*Eh asan na sya?*"

"*May alam ba sya sa nangyayari dito?*"

**"Wala na! Iniwan na tayo sa ere ni Keifer!"** Inis na sabi ni Blaster dahilan para mapatingin kami sa kanya.

**"Ano bang sinasabi mo?"** Si Eman.

**"Hindi nyo ba nahahalata? Sinadya nyang umalis kung kelan nagkakanda-letse-letse na tayo!"** Sabi nya at nagtinginan ang ibang Ulupong. **"...kung tutuusin sya may kasalanan ng lahat! Sya dahilan kung bakit galit satin si Jay-jay tapos ano ginawa nya? Umalis sya!"**

**"Tama si Blaster!"** Gatong ni Drew. **"...Tayo ang nagpapakahirap na humingi ng tawad kay Jay-jay! Samantalang sya ang nagsimula ng lahat!"**

**"Tumigil na nga kayo!"** Suway ni Rory.

**"Totoo yung sinabi nila!"** Pakikisali ni Mayo.

Agad syang pinigilan ni Kit. **"Wag ka na makisali sa kanila!"**

Tinignan lang nya to at bumalik sa pagsasalita. **"Karamihan satin sinunod lang naman ang sinabi nya! Tapos tayo ang nagbayad ng lahat! Eh si Keifer? Asan sya?! Nasa ibang bansa at nagpapaka—!"**

**"STOP!"** Sigaw ni Yuri na nagpatigil sa kanya. **"...Don't you dare say a thing against him!"**

Salubong ang mga kilay nya. Parang galit na galit sa mga sinabi nila Mayo, Drew at Denzel.

**"Wag na tayo mag-plastikan dito! Galit ka sa kanya diba? Karibal mo sya!"** Sumbat ni Drew dahilan para kwelyuhan nya to.

Akala namin magsusuntukan sila kaya naalarma kami. Tinignan ni Yuri si Drew sa mga mata.

**"Yes! We are rivals, but don't forget that he's also my friend! Hindi mo alam ang kinakaharap nya ngayon kaya wag kang mag-sasalita na parang sya ang masama!"** Galit na sabi nya bago pabatong binitawan si Drew.

Tinignan nya ko sandali at pilit huminahon. Tumalikod sya samin at naglakad na paalis. Naiwan kaming nakatingin lang sa kanya.

Saming lahat, si Yuri lang ang nakaka-alam ng totoong kinakaharap ni Keifer ngayon. Kahit may hindi pagkaka-intindihan, kaibigan parin ang tingin nya dito.

*Sana kaya ko ring gawin yang ginagawa mo.*

Gusto kong isipin na sa kabila ng mga nangyari kaibigan ko pa rin sila. Pero natatakot ako na baka hindi pala ganon ang tingin nila sakin.

Pinagmasdan ko silang lahat. Sama-sama kami sa maraming bagay, umiyak ako sa harap nila at ganon din sila sakin. Magkakasama kami sa mga problema at saya.

Nasira lang naman yun ng magsinungaling sila sakin. May punto naman sila Blaster at Drew. Ayokong isipin na tama sila dahil lahat kami may mali.

Mali ako dahil tinitiis ko sila kahit hindi naman dapat. Ilang buwan na yung nakalipas ng magka-labasan ng totoo. Sapat naman siguro yung paghihirap nila sakin.

*Baka pwede ko na silang patawarin.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Cover IV

Happy 8k Members sa aming official FB page.

Tropa ni Eatmore2behappy.

-eatmore2behappy
HAPPY
8,000K
MEMBERS
ka-Tropa

Maraming salamat sa mga book cover/ wallpaper/memes atbp. Maraming salamat sa inyong patuloy na suporta. Maraming maraming salamat.

Thank you sa cover na ito. @Munayxzs27

ANG
MUTYA
NG
SECTION-E
Dark Side
EatMoreToBeHappy


EatMore2beHappy
ANG MUTYA Ng
SECTION E
(Dark Side)

EatMoreToBeHappy
Ang Mutya Ng
SECTION-E
Dark Side

Ang
Mutya
Ng
SECTION E
Dark Side
EatMoreToBeHappy

---

Thank you sa book cover na ito. Jaynee_icyGirl



# Ang Mutya Ng Section E

eatmore2behappy

ANG MUTYA
NG SECTION E
[The Dark Side]
eatmore2behappy

Maraming salamat sa mga book cover na ito. @Abry_slvn

Ang Mutya ng
Section E
•eatmoretobehappy•



# Ang mutya ng Section E

•eatmoretobehappy•


AMNSE THE
DARKSIDE
•eatmoretobehappy•

Thank you dito. JairaDemesa8 JairadeMesa


ANG
MUTYA
NG
SECTION
E
eatmore2behappy

(the dark side)
Ang
Mutya
Ng
Section
E
eatmore2behappy


Ang Mutya
Ng Section
E


eatmore2behappy
AMNSE
(the dark side)

EATMORE2BEHAPPY

ANG
Mutya
Ng
Section E
the dark side
eatmore2behappy

eatmore2behappy
ANG
Mutya
ng SECTION

(the dark side)
YuumeiArt.com

Salamat din dito @Daniela_Tolentino8

Ang mutya ng Section E
darkside

Ang Mutya Ng Section E
darkside
by:eatmore2behappy

Thank you sa mga cover na ito. yamessang


ANG MUTYA NG SECTION E
Dark Side
by: eatmore2behappy

**To be continued...**

OceanofPDF.com

# Chapter 255

**A/N:** Belated Happy Birthday!

April Dawn de Gusman
From: Jen

AshleySethBaguio

Shout out kay 30_DARKKNIGHT_30
IamGlaizaCarzon & ILoveHHZ

Stories that you guys can checkout.

**I Forgot my Boyfriend**
By: 30_DARKKNIGHT_30

**If I were the President**
By: Cheifadmiral_2

**The Nerd**
By: Polywannn

**I Love The Way you Lie**
By: YourGergeousBuddy

**Usual Story But Unusual To Reality**
By: yahnxzs2813

**That Probinsyana is the Lost Princess**
By: jackeng_saranghae

## Forgive & Forget

***Jay-jay's POV***

Magdamag kong inisip ang mga Ulupong at si Keifer. Magdamag na umabot sa puntong 4am na ko natulog. Kaya ang resulta? Bangag ako!

*Young damn and brokkkeee...*

Pumipiyok pa ko nyan habang kumakanta.

**"Jay...Kumain ka na. Baka malate pa kayo nyan."** Sabi ni Tita Gema.

Nakanga-nga lang ako habang pipikit-pikit ang mata. Sa sobrang bangag ko akala ko imagination ko lang yung may tumatawa sa harapan ko. Nang subukan kong tignan yon, nanlaki ang mata ko ng maramdaman na may tinapay sa bibig ko.

**"Sino naglagay nito?"** Tanong ko sabay nguya.

*Sayang eh! Nasa bibig ko na.*

Nagtatawanan sila Kuya Angelo at Aries. Tinignan ko naman sila pareho ng masama.

**"Wag kasing nagpupuyat. Para hindi napagti-tripan sa lamesa."** Parinig ni Kuya.

Ginusto ko bang magpuyat? Inisip ko lang naman kung anong pwedeng gawin sa mga Ulupong. At iniisip ko din yung dimunyong Hari nila.

Kumain nalang ako at hindi na nagsalita. Baka nga malate kami, patapos na ring kumain si Aries kaya lalo kong binilisan. Hindi ko na nginunguya, lunok nalang kung kailangan.

Pagtayo ni Aries, tumayo na rin ako. Pero hindi pa man ako nakaka-alis sa harap ng hapag ng tawagin ako ni Kuya. Hinarap ko sya.

**"Bakit?"** Tanong ko.

Tinignan nya ko ng kakaiba. Para bang inoobserbahan ako at parang meron syang gustong sabihin na hindi ko maintindihan.

**"Wala, mag-ingat ka."** Sabi nya at bumalik sa ginagawa.

*Whut?!*

Kahit nakakapag-taka pinili ko nalang hindi pansinin yun at pumunta sa kwarto ko para maligo. Kulang din yata sa tulog si Kuya.

Bago ako tuluyang makapasok sa banyo. Narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Meron akong text. Kunuha ko yon na nasa ibabaw lang ng kama ko.

Karaniwang message lang ang nakita ko. Galing kay Yuri at galing sa GagongBaliw. Binati lang ako '*Good Morning*' ng Presidente ng Shunga Lovers Club. Pero etong isa....

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *I am loving you more each day!*

Napangiwi ako. Sabog na naman kaya sya. Baka wala ring tulog, kagaya ko. Pinili ko nalang hindi sya replayan.

Nitong mga nakaraan, kahit ilang beses syang magtext hindi ko sya nirereplyan. Wala kasi akong load-*charot!* Wala lang talaga akong gana replayan sya. Iniisip ko pa rin kasi kung panu malalaman kung sino talaga sya.

*Malaman ko lang kung sino sya, babatuhin ko sya ng sapatos sa muka.*

Nagpatuloy na ko sa pag-ligo. Binilisan ko talaga dahil nararamdaman ko na ang awra ng horoscope. Dala nya ang aking kapalaran.

Hindi naman ako nagkamali, dahil habang nagbibihis ako naririnig ko ang pangalan ko na isinisigaw mula sa labas ng pinto.

**"Kaunting bilis! Jay! Ang bagal bagal mo!"**

**"SANDALI!"** sigaw ko.

Palibhasa kasi lalaki. Kaunti lang ang preparasyon nya bago pumasok. Feeling ko nga isang buhos lang ng tubig yang si Aries tapos lalabas na ng banyo. Baka wisik-wisik nalang ng pabango para hindi halata.

Sa kakamadali ko huli ko na napansin na magkaiba ang kulay medyas ko. Hindi ko na pinalitan dahil matatagal pa ko sa paghahanap ng kapares. Hindi naman siguro halata.

Lumabas na ko ng kwarto at halos patakbong dumiretso papuntang sala. Andun naman si Aries na parang merong hinahanap sa bulsa nya.

**"Tara na!"** Aya ko.

**"Teka naman!"** Inis na sabi nya. **"...madali ng madali."**

*Ay wow!*

Nakakahiya naman. Hindi pala dapat sya minamadali. Pero kapag ako okay lang na madaliin. Nakakahiya talaga!

**"Found it."** Sabi nya habang hawak ang cellphone. **"...tara na! Ang bagal mo!"**

A baka matindi! Naduro ko nalang sya habang nakasunod sa kanya. Ayoko namang makipag-talo sa kanya at baka malasin ang araw ko.

Tandaan sya ang Horoscope at hawak nya ang kapalaran ko for today. Sana naman magbigay sya ng payo tungkol sa mga pino-problema ko.

Tahimik akong sumakay sa kotse nya at ganun din sya. Balak ko pa sanang umumit ng tulog kung hindi lang maingay ang mga busina ng sasakyan na kasabay namin sa kalsada.

*Oo na! Kayo na may kotseng may busina!*

Parang ngayon ako nagsisi na inisip ko pa ang hudlong na yon. Bakit kasi kailangan akong mahirapan ng ganito? Bakit kailangan mo kong pahirapan? Ulupong ka! ULUPONG!

Pero kahit papano meron naman akong napala sa pagpupuyat ko. Bukod sa eyebags ko'ng may eyebags din, napagdesisyunan kong maging KPop Idol- *charot!* Hirap ng bangag, pengeng TULOG!

Napagdesisyunan kong patawarin na ang mga Ulupong. Yes! Patatawarin ko na sila. Tama na ang pabebe days, hindi na sila uso. It's time to forgive and forget.

Alam kong may ilang buwan pa lang ng magka-alaman na ng totoo pero tingin ko sapat na yung ilang araw na ipadama ko sa kanila ang sakit ng ginawa nila. Alam ko namang nagsisisi na sila kahit hindi halata sa iba sa kanila.

*What should I expect? They're Ulupongs.*

Hirap talaga ng walang tulog! Napapa-english nalang kahit hindi kailangan.

Hindi nagtagal at nakarating na kami sa school. Pagparada ng kotse, bababa na sana ako ng mapansin kong may hinahanap na naman ang kapatid ko.

**"Bakit? Ano yon?"** Tanong ko.

**"Nakita mo ba kung saan ko binaba ang cellphone ko?"**

*Kanina pa yang cellphone na yan.*

**"Hindi. Baka nalaglag sa ilalim."** Sabi ko sabay turo sa ilalim ng upuan nya.

Sinubukan nyang kapain ang ilalim ng upuan nya. Ilang sandali pa ng itaas nya ang kamay nya ay kasama na ang cellphone nya.

**"Burara ka kasi!"** Inis na sabi ko bago bumaba.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya dahil alam kong babawi sya. Hindi ko na sya binigyan ng pagkakataon. Baka mamaya bigla nya kong isumpa. Hindi ako pwedeng malasin ngayong araw.

*Jusme! Hindi pwede. Maganda ang plano ko today!*

Habang naglalakad nakita ko si Yuri sa hindi kalayuan. Patakbo akong lumapit sa kanya at inakbayan sya. Nagulat sya nung una pero napangiti sya ng makita ako.

**"Good morning."** Bati ko sa kanya sabay ngiti.

**"Good morning din. Looks like someone is having a good mood today."** Nakangiti'ng bati din nya. **"...care to tell me why?"**

Umalis ako sa pagkaka-akbay sa kanya at naglakad kasabay nya. Hawak ang strap ng bagpack ko, buong galak akong ngumiti sa kanya.

**"Kasi.....ready na kong patawarin ang mga Ulupong."** Sagot ko sa kanya.

Napahinto sya at napatitig sakin bago muling ngumiti ng malapad. **"Your saying that.....*shit!* This is a good news. Matutuwa sila kapag nalaman yan!"**

Akmang tatakbo na sya papunta sa auditorium ng pigilan ko sya. Mahigpit ang naging hawak sa braso nya na pinagtaka nya.

**"B-bakit?"** Tanong nya.

**"Teka lang! Wag ka atat!"** Sabi ko bago sya bitawan. **"...kelangan ko muna kumuha ng tyempo bago sabihin sa kanila."**

Tumango-tango naman sya. **"Okay. May plano ka naman siguro diba?"**

Tinaas ko ang isang daliri ko para sana sabayan ang pagsagot ko ng malutong na '*Oo*'. Pero naurong yon ng meron akong mapagtanto.

*Ano nga ba ang plano ko?*

Anak ng matsing! Sa sobrang bangang ko, wala na. Pati plano nawala sa isip ko. *Kengene nemen eh!* Kanda puyat ako sa pag-iisip ng plano tapos ganon.

Pilit akong ngumiti sa kanya. **"Meron.... siguro?"**

Mabilis syang nagtaka sa sinagot ko. **"Seryoso Jay."**

**"Basta! Mahirap explain! Meron talaga kayalang bangag ako today. Wala tulog kaya kalat ang isip ko."**

Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. Sabay kaming naglakad papunta ng auditorium kung saan ang classroom namin. Hayzt!

*Kelan kaya kami makakalayas dito?*

**"Hello Jay!"** Bati sakin ni Ci.

Pansin ko na okay na sya at parang bumabalik na din sa dati. Hindi na siguro nya masyado iniisip ang nangyari sa pinsan nya. O baka pinili nalang nyang sarilinin ang nararamdaman nya.

Minsan kakausapin ko sya tungkol don. Mahirap din kasi na walang napagsasabihan ng sakit. Base sa experience ko syempre!

**"Kamusta?"** Tanong ko habang palapit.

Napatingin ako kila Kit at Mayo. Kasama pa rin nila si Eren at Josh. Pero sa pagkakataon na to kasama na din nila ang ibang Ulupong kagaya ni Rory at Edrix.

Nakukwentuhan sila na parang dati lang. Magandang senyales yon na nagiging okay na sila sa sitwasyon ni Kit at Mayo. Pero syempre hindi pa rin lahat. Kagaya ni Drew na nakikipag-kwentuhan kay Denzel.

**"Jay... Bakit magkaiba medyas mo?"** Bungad sakin ni Felix habang nakaturo sa mga paa ko.

*Akala ko hindi halata.*

Pinagtinginan naman ng ibang Ulupong na malapit samin ang medyas ko.

**"Baka inaantok pa sya."** Sabi ni David at bahagyang natawa.

**"Nakapikit habang naghahanap ng medyas."** Gatong ni Ci-N.

Napasibangot naman ako sa kanila. Ang lakas talaga mang-asar ng mga to. Sarap hambalusin ng sapatos sa pagmumuka. Papakain ko sa kanila medyas ko mamaya.

Nakita ko si Yuri na nakangiti sakin. Kakaiba yung ngiti nya na parang nagsasabi ng '*may alam ako*'. Napairap nalang ako sa kanya.

Hindi ko alam kung pano kukuha ng tyempo para masabi yung gusto kong sabihin. Pero alam kong hindi ngayon yon lalo na't tanaw ko na si Sir Alvin na palapit samin.

Kanya-kanya na kami ng pwesto. Hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi sila tignan lahat. Para din akong kinikiliti sa tyan dahil sa excitement.

*Egzoyted na me!*

Tingin ko naman kumpleto silang lahat. Syempre except dun sa pesteng Hari nila. *Haizt!* Bwisit kang lalaki ka! Sasapakin kita kapag nagkita tayo ulit. Hindi na ko matatakot ulit ng ganun. Akala mo! Bubunutin ko buhok sa ilong mo!

**"Mariano?"** Biglang tawag sakin ni Sir Alvin.

*Whut?!*

**"Buhok sa ilong Sir."** Wala sa sariling sagot ko.

Malakas ang naging tawanan ng mga Ulupong. Syempre pinangungunahan nung mga malakas mang-asar. Pati si Sir malakas din ang naging tawa habang mapapailing.

**"Attendance palang."** Sabi ni Yuri.

Napakamot nalang ako sa ulo. Badtrip! Malay ko ba! May iniisip kaya kasi ako. Istorbo ka Sir.

**"Mercado."** Sunod na tawag ni Sir.

Mabilis namang sumagot si Drew. **"Buhok sa ilong!"**

*Ay Gago! Ayan na naman sila!*

**"Peñaflor!"**

**"Buhok sa ilong!"**

Trabaho nitong mga to! Pinalitan nila yung *present* ng *buhok sa ilong*. Talipandas talaga silang lahat!

**"Peralta!"**

**"Maraming buhok sa ilong!"**

Panay pa ang tawanan ng mga Ulupong tuwing my sasagot ng ganun. Napapayuko nalang ako habang nakanguso. Bwisit eh!

**"Ramos!"**

**"Buhok sa ilong!"**

Napansin ko si Yuri na panay ang tawa sa tabi ko. Malapit-lapit ko na syang masikmuraan kung hindi sya titigil.

**"Venites!"**

**"Buhok sa ilong!"**

Hindi ko alam kung maiiyak ba ko o ano. Hindi ko na kaya tong pang-aasar nila sakin.

*Bwisit kayo!*

**"AaaAaaAyyyy... Tigilan nyo na yan!"** Sabi ko habang parang maiiyak na.

Nagtawanan na naman sila at parang natutuwa pa na naiinis ako sa ginagawa nila.

Natapos ang attendance at nagsimulang magturo si Sir Alvin. Nasa kanya ang atensyon ko ngayon at baka bigla na naman nya kong tawagin kung ano na ang masabi ko.

*Baka buhok na sa kung saan ang masabi.*

Natapos ang klase namin kay Sir ng maisipan kong simulan ang balak ko. Wala talaga akong matinong plano kung panu ko sisimulang sabihin sa kanila na pinapatawad ko na sila.

Tumayo ako mula sa pwesto ko at naglakad-lakad na parang nanga-ngampanya. Pinaglalaruan ko pa ang kamay ko sa hasiwas nito sa bawat hakbang ko.

Hind ko namalayan na papatayo pala si Josh mula sa pwesto nya. Saktong pag-itsa naman ng kamay ko kaya tumama sa muka nya.

**"Aray!"** Sigaw nya at napa-upo ulit.

**"Sorry, sorry! Hindi kita napansin!"** Tarantang sabi ko habang hinahawakan ang parte ng muka nya na tinamaan.

**"Hala! Sinapak ni Jay si Josh!"** Sabi ni Eren na parang nanakot.

**"Hindi ko sadya! Hindi ko naman alam na tatayo sya!"** Paliwanag ko.

**"Sinadya mo yon. Nakita ko."** Pang-aasar ni Felix kaya agad ko syang tinibgnan ng masama.

**"May galit kasi yan kay Josh."** Gatong ni Blaster.

*Laking tulong nyo dyan.*

Napasapo nalang ako sa noo ko. Ang hirap talagang kausap ng mga Ulupong na to. Sa halip na tulungan ako lalo lang pinalalala yung sitwasyon.

**"Okay lang ako Jay."** Sabi ni Josh habang tumatayo. **"...mag-ingat ka nalang sa susunod."**

Tumalikod sya sakin at naglakad na paalis. Napilitan akong bumalik sa pwesto ko at naupo habang yakap ang dalawang tuhod.

*Kainis! Kainis! KAINIS!*

Pano ko ba kasi dapat gawin to? Isigaw ko nalang kaya?

Tumayo ulit ako mula sa pwesto ko.

**"HOY! MGA ULUPONG!"** Sigaw ko habang nakahawak pa sa baywang.

Lumingon naman ang mga luko sakin at taka akong tinignan.

**"Bakit?"** Inosenteng tanong ng Batang Kumag.

Bigla nalang akong nailang sa pagkakatingin nila sakin. Umurong ang dila ko at parang nawala sa isip ko ang sasabihin ko.

*Ano nga ba sasabihin ko?*

**"M-maganda ang p-panahon ngayon no?"** Sabi ko habang nagkakamot ng batok.

Taka pa rin silang nakatingin sakin at napapakurap-kurap nalang. Bigla nalang tumayo si Ci-N habang nakangiti ng malawak.

**"Maganda talaga ang panahon pero mas maganda tong parating!"** Sabi nya at tumakbo.

Nabunggo pa nya ko. Tinignan ko kung sino ang tinakbo nya at nakita kong palapit si Rakki habang may dalang isang damakmak na papel sa kamay.

Huminto si Ci-N hindi kalayuan sa kinatatayuan ko. Tinaas nya ang dalawang kamay na animong sumasalubong ng yakap.

Kita'ng-kita ko ang pag-ngiwi ni Rakki at pag-iwas sa kanya na para syang may sakit. Dumiretso sya palapit samin at nginitian ako.

**"Kamusta?"** Bati nya sakin paglapit nya.

**"Ayos lang, ikaw?"**

**"Ayos lang din... Meron akong good news para sa inyo."** Sabi nya na umagaw sa atensyon ng lahat.

"*Ano yun?*"

"*Libreng pagkain ba?*"

"*May mamimigay ng pera?*"

Pakiki-usyoso ng mga Ulupong habang palapit samin. Muntik pa kong matumba dahil sa biglang pagdamba nila.

**"Baka pwedeng lumayo muna kayo."** Iritang sabi ni Rakki.

**"Sabihin mo na kasi yung good news."** Utos ni David.

Nakasimangot si Rakki na inayos ang mga papel na hawak. Habang busy sya sa ginagawa, napansin ko si Ci-N na nakataas pa rin ang kamay at nakangiti.

*Kelan kaya manga-ngawit to?*

**"Baba mo na yan. Baka mangamoy."** Sabi ni Rory sa kanya.

Pero hindi naman sya nakinig. Hinayaan nalang namin at sayang lang ang laway namin sa kanya.

**"Eto..."** Sabi ni Rakki at pinakita samin ang isang papel na puro pirma.

Babasahin ko sana pero papansin tong mga Ulupong na to. Siniksik nila ko at halos masubsob na ang muka ko kay Rakki.

"*Patingin! Patingin!*"

"*Pabasa nga! Hindi ko makita!*"

"*Wag ka nga! Hindi ka naman marunong magbasa!*"

"*Ano ba yan? Titolo ng lupa?*"

**"Aray ko naman!"** Reklamo ko sa kanila.

Mukang nainis na rin si Rakki sa kanila. Binawi nya ang papel at tinignan ng masama ang mga luko.

**"Ang gulo-gulo nyo!"** inis na sabi nya. **"...Isa tong Permit na binaba ng Board members at Principal."**

**"Permit? Saan?"** Tanong ko.

**"Permit yan para ipagamit sa inyo ang isa sa bakanteng room sa main building."** Paliwanag nya. **"...kaya kuhanin nyo na mga gamit nyo at lilipat na kayo."**

**"YOOOONNN!"** Malakas na sigaw ng mga ugok.

Pakiramdam ko nabasag ang eardrum ko sa lakas ng sigaw nila. Pati si Rakki napahawak din sa tenga nya.

Kanya-kanya na sila ng kuha ng gamit. At dahil hindi gumagalaw si Ci-N mula sa kinatatayuan ako na ang kumuha ng gamit nya. Sakto ding dating ni Josh kaya napaliwanag agad sa kanya ang kaganapan.

**"Ano Ci? Ganyan ka nalang?"** Tanong sa kanya ni Rakki.

**"Yakapin mo ko."** Nakangusong sabi nya.

Nagtinginan kami ni Rakki na parang nagka-pareho kami ng iniisip tungkol sa Batang Kumag.

*Wala na naman sya sa sarili.*

**"Asa ka namang yakapin kita."** Sagot nya at naglakad na paalis.

Pilit kong binaba ang dalawang kamay ni Ci at inabot sa kanya ang bag nya.

**"Tara na... Mamaya ka na manghingi ng yakap."** Sabi ko sabay hatak sa kanya.

Sinundan namin si Rakki papuntang Main building. May mga nasasalubong kaming tumitingin samin at nagtataka pero hindi naman namin sila pinapansin.

**"May matinong classroom na rin tayong gagamitin."** Sabi ni Denzel.

*Trulaley...*

Ang hirap kayang maupo sa sahig tapos binti yung gagamitin naming lamesa para pagpatungan ng notebook na susulatan. Nakakangawit tapos nakakamanhid din ng binti.

Sa fourth floor ng main building kami dinala ni Rakki. Sa dulong bahagi ng pasilyo kami nagtungo at huminto sa harap ng isang pinto.

Parang mga kinikiliti sa tumbong ang mga ugok na Ulupong na to. Panay kasi ang ngiti at ang likot-likot nila halatang excited.

*Sino bang hindi?*

Oo na! Kahit ako excited din. Syempreng bagong kwarto at matinong mga gamit. Tagal din naming nagtiis sa mga pinaglumaan lamesa dun sa orihinal na kwarto namin.

Medyo nakaka-miss nga lang. Kahit luma yung mga yon, na-witness lahat ng nangyayari samin sa room. Mapa-away man yan o tawanan.

**"Ready na ba kayo?"** Tanong ni Rakki.

Sasagot na sana kaming lahat ng biglang sumigaw ng malakas si Ci-N.

**"READY NA KONG MAHALIN KA NG LUBOS!"** Sigaw at ngumiti ng malapad.

Napangiwi ako. Ngayon talagang alam kong okay na sya. Okay na okay na sya. Nakakapagsabi na ng mga kalokohan.

*Hay.... Ang Batang Kumag, bow!*

**"Kuwari nalang hindi natin yon narinig."** Sabi ni Edrix at sabay-sabay naman kaming nag-nod.

Binalik namin ang atensyon kay Rakki na halatang kunsumeng-kunsume kay Ci. I feel yah! Napailing nalang sya bago hawakan ang doorknob ng pinto at pihitin yon.

Pagbukas ng pinto ang liwanag mula sa naglalakihang bintana ang unang umagaw sa atensyon ko. Parang ang lapit sa araw ng classroom namin.

*Nasisilaw ako! Aaargghhh...*

**"Kamusta?"** Tanong ng kung sino.

Nang tignan ko yon, nakita ko si Mica na may hawak na walis tambo at basahan. Katabi nya si Ella na may hawak na garbage bag.

**"Baby!"** Tawag ni Calix sabay lapit sa girlfriend nya. **"...bakit nandito ka? Bakit hawak mo yan? Madudumihan ang kamay mo."**

Pumasok na rin kami sa loob para tignan ang paligid. Mga bago talaga ang mga gamit. Air-conditioned din ang buong kwarto. Kamuka din to ng silid ng Section A, except sa may flat screen tv sila sa room nila.

**"Ayos lang."** Sagot ni Mica kay Calix. **"...nilinis namin yung room para sa inyo."**

**"Hindi nyo na dapat ginawa yon, nakakahiya."** Singit ko sa kanila.

**"A simple thank you will do."** Sabi ni Ella sakin habang naka-cross arm.

*Wew...*

**"S-salamat."** Sagot ko sabay iwas ng tingin.

Tinignan ko yung mga Ulupong. Kanya-kanya na sila ng hanap ng pu-pwestuhan. Si Calix naman nakipag-lampungan na sa gf nya na parang 10 years silang hindi nagkita.

Samantalang hinahatid naman nya yun tuwing umaga. Ang tibay din ng dalawa na to. Buti nalang okay na sila, akala ko talaga magkakahiwalay sila ng dahil sakin.

Hinarap ko ulit si Rakki at Ella para mag-pasalamat. Nakita ko namang nakangiti ang dalawa habang pinapanood ang mga lapastanga'ng Ulupong na to.

**"Pag-pasensyahan nyo na yang mga yan."** Sabi ko habang napapakamot sa batok. **"...thank you pala sa pagpapahiram samin ng classroom."**

Nagtinginan sila sandali bago ako sagutin.

**"Wag ka sakin magpa-salamat. Naglinis lang kami ni Mica dito."** Sabi ni Ella.

Tinignan ko si Rakki pero agad syang umiling. **"Wag sakin. Naghatid lang ako ng balita."**

*Eh kanino?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 256

**A/N:** Anung meron sa muka ko? Bakit ginagmit nyong subject sa mga artwork nyo? 😂😂😂😂😂

Check out this FB page.
Jessa13/riksu-chan artworks.

Suportahan natin sya!!

Happy Birthday kay Carms
From TeamBalisa

Hi Kei_BTS10

**R.Sato**

**"...Aries?"**

Wag nga! Si Aries the Horoscope? Parang hindi totoo. Ang hirap maniwala.

**"Sya ang nakipag-usap sa Prinsipal. Sya din ang nagkumbinsi sa mga Board Member."** Paliwanag ni Rakki.

*Sya talaga?*

Na-touch ako. Ang bait talaga ng kapatid ko na yon kahit minsan parang naiiwan ang utak sa kung saan. Labs ko yun!

**"Ginawa nya talaga yon?"** Hindi makapa-niwalang tanong ko.

**"Kung ayaw mo maniwala sya nalang siguro tanungin mo."** Sabi ni Ella.

Mas mabuti pa nga siguro para malaman ko din ang dahilan nya. Kinuha ko ang cellphone ko sa bag at nag-type ng message. Habang sinesend ang message nagpa-alam na samin sila Rakki at may klase pa sila.

Nagpasalamat ako ulit at hindi inalis ang tingin sa kanila hangang sa makaalis sila.

**"Ingat ka Baby!"** Sabi ni Calix na hinatid pa si Mica hangang pinto.

Nakangiwi akong tumingin sa kanya. Sakto namang napatingin din sya sakin. Mabilis na tumaas ang isang kilay nya.

**"Bakit?"** Tanong nya.

**"Landi mo."** Komento ko at agad na nagsalubong ang kilay nya.

**"Inggit ka lang. Wala ka kasing love life."**

**"Hindi ako mabubusog sa love life."**

Bahagya syang ngumiti. **"Pauwiin mo na kasi, ng hindi ka nagkaka-ganyan."**

*Ah ba ka Gago!*

Inambaan ko sya agad ng suntok. Mabilis naman syang lumayas sa harapan ko para makaiwas. Dinuro ko nalang sya habang pinapanood syang lumayo sakin.

Tinignan ko yung cellphone ko sa pagbabaka-sakali na nagreply na ang kapalaran—este yung kapatid ko. Pero wala naman akong nakuhang sagot mula sa kanya.

Naghanap nalang ako ng mapu-pwestuhan. Gusto ko sana sa tabi ng bintana pero karamihan sa kanila dun na naka-pwesto.

*Hindi man lang ako nakapili!*

**"Jay-jay!"** Tawag sakin ni Kit habang kumakaway. **"...Dito ka nalang."** Sabay turo sa upuan sa tabi nya malapit din sa bintana.

Lalapit na sana ako ng biglang umupo sa don si Mayo. Pareho pa kami ni Kit na napasibangot dahil sa ginawa nya.

**"Umalis ka nga dyan! Si Jay-jay dyan!"** Pagtataboy ni Kit.

**"Ayoko nga!"** Inis na sagot nya tapos ay ngumiti ng matamis. **"...para madalas kitang mayakap."** Tapos ay biglang niyakap si Kit.

Agad naman syang tinulak na halos ikalaglag nya pa sa upuan. Napailing naman ang ibang Ulupong sa ginawa nya.

"*Kaunting konsiderasyon naman!*"

"*May mga inosenteng isip dito! Wag nyong lasunin!*"

"*Gago! Anong inosente sayo? Kuko sa paa?*"

Napatawa naman kami don kahit sandali. Napilitan akong maghanap ng ibang pu-pwestuhan at mukang hindi na naman ako mawawalay sa dalawang tao na laging kakopyahan ko sa mga quizzes.

*Pero madalas ako lang nangongopya.*

**"Jay-jay!"** Nakangiting bati sakin ni Ci.

**"Dating gawi."** Sabi ni David at inayos ang upuan sa tabi nya.

At nakapagitan naman ako sa na kanila. Tatlo na naman kami sa gitna na parang may sariling mundo. Lalo kapag may pagkain akong dala.

Pero hindi ko to itatanggi, namiss ko to!

Halatang masaya ang mga luko. Tinignan ko yung bandang likod kung nasan ang iba. Nakita ko si Yuri sa kapareho nyang pwesto at sa hindi ko maintindihan na dahilan parang nakita ko ang Hari sa tabi nyang bakanteng upuan.

Nawala ang ngiti ko at ibinalik ang paningin sa harap. Napayuko ako kasabay ng pag-uulap ng mga mata ko. Nakakainis!

Pasimple kong pinunasan ang mga mata ko. Ayokong sirain ang kasiyahan namin. Ngayon lang ulit may magandang nangyari sa kabila ng naging gulo samin.

**"Tahimik! Tahimik!"** Sigaw ng kung sino habang humahampas sa lamesa.

Tumingin kami sa bandang likod kung saan nang-gagaling yon. Mukang si Denzel ang gumawa non pero agad ding syang naupo ng tumayo si Yuri.

**"Alam kong lahat kayo na-e-excite at natutuwa sa bago nating classroom. Pero kailangan nating mag-ingat, hindi natin alam baka malaki ang maging kapalit nito."** Sabi nya habang tumitingin saming lahat.

Dahan-dahan naman akong tumayo para kotrahin sya. **"Hindi naman siguro ganun yun. Si Aries kasi ang naki-usap na ipagamit satin ang kwartong to."**

**"Pero may punto pa rin si Yuri."** Singit ni Rory. **"...alam namin na okay na kayo ng kapatid mo pero wag mong kakalimutan na galit sya samin."**

"*Tama! Tama!*" Pag-sang-ayon ng iba.

**"Hindi namin nakakalimutan ng dahil sa kapatid mo, hindi na kami naka-alis sa dating building."** Sabi ni Drew.

**"Sya rin ang nag-utos na tambakan ng basura ang building natin."** Dagdag ni Blaster.

**"Sya rin ang nagpalalim sa usap na bawal ang Section E sa cafeteria."** Gatong pa ni Eren.

Napataas ang isang kilay ko sa mga pinag-sasabi nila. Alam ko yung sa usap sa cafeteria pero yung unang dalawang bintang nila. Parang ngayon ko lang ata nalaman.

**"Teka nga! Bakit kung ano-anong binibintang nyo sa kapatid ko?"** Inis na sabi ko.

**"Hindi bintang yon. Nangyari lahat ng yon."** Sabi ni Eman.

Parang umurong ang dila ko. Balak po sanang ipagtanggol ang kapatid ko sa kanila pero wala na kong masabi. Hindi ko naman kasi alam kung nagsisinungaling sila pero mukang totoo dahil naging kaaway din nila ang Horoscope na yon.

*Shet! Ang hirap naman nito.*

**"S-siguro nga... Pero alam kong hindi na sya gagawa ng ganun ulit."** Sabi ko kahit hindi naman talaga ako sigurado.

**"Panu mo nasabi?"** Tanong ni Josh.

**"Dahil sisiguraduhin ko."**

Nagtinginan sila lahat na parang may assurance na sila dahil sa sinabi ko.

**"May tiwala kami sayo Jay."** Sabi ni Mayo. **"...kahit wala kang tiwala samin."**

*Ay pota neto!*

Napakamot ako sa batok ko. Ayos din kasi ang pasok ng hirit nitong si Mayo.

**"Tingin ko merong gustong sabihin si Jay-jay sa inyo."** Sabi ni Yuri habang nakangiti.

*Oo nga pala! Panu ko nga pala sasabihin sa kanila yon?*

Lahat sila tumingin sakin para abangan ang sasabihin ko. Napalunok ako. Bigla nalang akong kinabahan kahit hindi naman dapat.

**"A-ano... Kasi... Tingin ko—."** Napatigil ako dahil sa biglang pagtunog ng cellphone ko.

Agad kong kinuha ang cellphone ko pero bigla namang tumigil. Merong ng-miss called sakin ng tignan ko....*si Aries?* Meron din akong text message mula sa kanya.

**From:** *Horoscope...*
**Message:** *Magkita tayo sa labas ng school. Ngayon na!*

**"Ano na yung sasabihin mo?"** Tanong ni Ci-N sakin.

**"Mamaya nalang siguro. Nakikipag-kita si Aries sakin."** Sabi ko at naglakad na palabas.

Narinig ko pa silang tinatawag ang pangalan ko pero hindi nalang pinansin. Nagmamadali akong bumaba ng hagdan dahil alam kong mainipin ang isang yon. Lagi nalang akong minamadali.

Mainam na rin to para makapag-usap kami agad. Lalu na yung tungkol sa sinasabi ng mga Ulupong. Kailangan ko ding masiguro na maganda ang pakay nya sa ginawa.

*May tiwala naman ako sa kanya pero kailangan ko lang talagang maka-usap sya.*

Pagkadating sa ground floor tumakbo na ko papuntang gate. Halos ilang hakbang nalang at abot kamay ko na ang destinasyon ko ng may bigla akong mabunggo. Napaupo ako sa sahig.

**"Aray!"** Sigaw ko.

**"AW! Ano ba?! So tanga!"** Maarteng sigaw naman ng nabunggo ko.

Tumayo ako habang pinapagpag ang damit ko. Tinignan ko naman tong karahap ko at parang feel kong bungguin sya ulit. Sa lahat naman ng mabubunggo ko bakit si Freya pa.

**"Ano ba?! Mas may ita-tanga ka pa ba?!"** Sigaw nya sakin habang pinapagpag ang palda nyang nabitin ata sa tela.

**"Sorry naman."** Sabi ko at akmang lalagpasan na sya pero agad syang humarang sa dadaanan ko.

*Anak ng eto na naman sya.*

**"Saan ka naman pupunta? Are you planning to ditch your class?"**

Umiling ako. **"Pupuntahan ko si—."**

**"Jay-jay? Freya?"** Tawag ng pamilyar na boses.

Sabay kaming lumingon sa pinanggalingan non. Si Rakki na palapit samin ang nakita ko.

**"Jay? Bakit andito ka? Mag-start na klase nyo ah."** Sabi nya.

Tinuro ko yung gate para sabihin na makikipag-kita ako kay Aries pero epal talaga tong Freya na to.

**"Plano nyang mag-cut ng class."** Maarteng singit nya.

Napa-irap naman ako sa hangin. Ayokong mangunsume ngayon sa kanya, meron akong pupuntahan at kailangan ko na syang harapin. Malakas din ang topak non baka awayin ako kapag pinag-hintay ko sya.

**"Totoo?"** Tanong ni Rakki na may pag-aalala.

Umiling ako. **"Wag ka maniwala dyan. Naalog na utak nyan pagkakabunggo ko sa kanya."** Nag-nod naman sya bilang pagtanggap sa sagot ko. **"Kailangan ko na umalis. Baka magalit si--"**

**"Hey! You!"** Sigaw ng isang pamilyar na boses.

*Anak ng... Ayos!*

Hinarap ko ang nakasimangot na palapit na Honey. Huhulaan ko tungkol na naman to kay Percing. Mygudness! Ano ba kasing ginagawa ng lalaking yun sa babaeng to?

**"Oh?"** Bored na sagot ko sa kanya.

**"Where on earth is your fvcking stepbrother?"** Bungad nya paglapit sakin.

*Sabi na eh!!*

**"I dunno."** Sagot ko na halatang kinairita nya.

Napatingin ako kay Freya na halos katabi lang nya. Nakataas kasi ang kilay nito habang tinitignan si Honey mula ulo hangang paa. Siguro nagmangha sya dahil may mas malala pa pala sa kanya.

At may kung anong ideya ang pumasok sa isip ko.

**"Baka alam ni Freya kung nasan si Percy."** Sabi ko sabay nguso kay Freya.

Agad naman akong tinignan ng masama ng bruha. Mabilis din syang hinarap ni Honey. Ayan na! Mukang may sabong. Dun ako sa pula ang lipstick.....*si Freya.* Pink kasi ang labi ni Honey.

**"And who the fvck are you?"** Mataray na tanong ni Honey.

Syempre hindi papatalo tong isa. **"Wrong question. It should be, '*Who the fvcking b!tch are you?*'"** Pagbabalik nya ng tanong kay Honey.

*Ayan na! Ayan na! Mag-aaway na sila!*

**"Jay... Sino yan?"** Bulong sakin ni Rakki.

**"Sya daw future ni Percy."** Sagot ko naman.

**"What a b!tch! I don't have time for you."** Sabi ni Honey at muli na naman ako hinarap. **"Sasama ka sakin."** Sabay kaladkad sakin.

Pero bago pa man nya ko mailabas ng gate hinarang na kami ni Freya at Rakki. Agad akong hinatak ni Rakki mula sa kanya, samantalang hinarap naman sya ni Freya na puno ng tapang at pagmamaldita.

**"How dare you? Wala kang karapatang mangbatak ng student basta-basta!"** Matapang na sabi ni Freya.

Nilapitan sya ni Honey at halos magdikit na ang mga muka nila. **"Look, I don't give a shit on every word that you're saying."**

Nag-cross arm na si Freya. **"Guess what? You have to give a shit because you're in my territory and I'm the queen here."**

Tinignan sya nito mula ulo hangang paa. **"A queen? More like a queen wannabe."**

Inaasahan ko na magsasabunutan pa sila pero puro matatalim na tinginan lang ang ginawa nila hangang sa matanaw ko si Mica at Ella na palapit samin.

**"Anung nangyayari dito?"** Tanong ni Ella sabay tingin kay Honey. **"...Honey? What are you doing here?"**

*Magkakilala sila? Oo nga pala. Ex nga pala ni kwanan tong si kwanan.*

Pinagtaasan naman sya ni Honey ng kilay. Mukang hindi sila vibes. Hindi na ko magtataka, pare-pareho naman silang maldita.

**"Jay-jay..."** Tawag sakin ni Mica. **"...Anong ginagawa mo dito?"**

At dun ko lang biglang naalala. Makikipag-kita nga pala ako sa kapalaran—este sa kapatid ko.

**"Si Aries! Magkikita nga pala kami! Baka magalit yun. Kanina pa nagte-text at tumatawag sakin yun."** Sabi ko sabay kapa ng cellphone sa bulsa ko.

Pero wala akong maramdamang kahit ano sa bulsa ko. Mukang ako naman ang nawalan ng cellphone.

*Hanep yan!*

Bigla nalang nagtinginan si Mica at Ella. Para bang merong kataka-takang bagay sa sinabi ko.

**"Panu mangyayari yon? Eh kanina pa nawawala ang cellphone nya."** Sabi ni Ella.

Ganun nalang ang pagtataka ko. Kung wala sa kanya ang cellphone nya, eh sino yung nagtext sakin?

Baka naman ibang number hindi ko lang napansin. Pero hindi ako pwede magkamali, alam kong number nya yung nagreply sakin.

*Pero sino nga—shit!*

Agad akong lumingon sa paligid. Malakas ang kutob ko salamat sa sosyaling instinct ni Dabid na mukang nasasagap ko na rin. Charot!

**"Bakit Jay? May problema ba?"** Nag-aalalang tanong ni Mica.

**"P-pwede bang sa loob nalang tayo mag-usap?"** Sagot ko habang patuloy pa rin sa pagtingin sa paligid.

**"No! Kailangan mong sumama sakin."** Sabi ni Honey at tinangka na naman akong hatakin.

Mabilis na pinigilan ni Rakki ang kamay nya. Agad naman silang nagpalitan ng natalim na tingin.

*Ano ba?! Sa loob nalang tayo mag-away-away!*

**"Seriously?! What the hell is wrong with you people?"** Inis na sabi ni Honey habang pinandidilatan kami ng mata.

**"Umalis ka nalang kasi."** Parinig ni Freya.

Agad syang hinarap ni Honey at mukang handa na silang magsabunutan. Agad na gumitna si Ella at Mica para awatin sila. Binitawan naman ako ni

Rakki ng mapansin syang magsisimula magsakitan ang dalawa.

Pati ako naki-awat-awat na rin. Sayang akala ko makakapanood na ko ng sabong ng dalawang maldita.

"*Shut your filthy mouth!*"

"*Leave! Your a slut!*"

"*Compare to you, b!tch!*"

"*Tama na yan! Tumigil ka na Freya!*"

"*Pinagtitinginan na tayo! Umayos nga kayo!*"

Dahil sa gulong nangyayari huli ko na napansin na nasa labas na kami ng gate. Hindi ko na din namalayan ang paglapit ng isang itim na Ban sa kinatatayuan samin.

Saktong paglingon ko para tignan yon ay ang pagsaklob nila ng itim na bagay sa ulo ko at paghawak sa dalawang kamay ko.

**"Anak ng! Ano to?! Bitiwan nyo ko!"** Sigaw ko kasabay ng paghatak nila sakin.

Narinig ko ang malakas na pagsigaw nila Ella. Kasunod din non pagmumura nila Freya at Honey.

Pilit nila kong tinutulak papasok sa isang bagay na sa palagay ko ay sa loob ng kotse. Meron silang ibinuhol na manipis na bagay sa mga kamay ko. Sinubukan kong pagsisipain sila pero hindi ko naman alam kung tao ba ang tinatamaan ko.

*Sinasabi ko na eh!*

Kidnapping na naman! Seryoso? Napapagod na ko ng ganito. Lagi nalang akong nakikidnap. Hindi ba sila nagsasawa.

Author hindi ka ba nagsasawa? Pwedeng iba naman? Wag na kidnapping?

(**A/N:** 😑😑 Hindi.)

**"Ano ba?! Don't fvcking touch me!"** Boses ni Freya na parang palapit sa pwesto ko.

**"Freya?"** Tawag ko sa kanya.

**"The hell! Asan ka? Ano ba tong nasa ulo ko? Ang baho!"** Maarteng sabi nya.

Kasunod naman, narinig ko din ang boses ni Mica. **"Wag po! Maawa po kayo samin!"**

**"Maling-mali to! Kapag nalaman to ng uncle ko, katapusan nyo na!"** Si Honey na sa palagay ko ay sa bandang likod ko.

**"Alisin nyo nga to!"** Si Ella sa hindi kalayuan din sa kina-uupuan ko.

**"Ano bang nangyayari? Sino ba kayo?"** Si Rakki.

Hindi ko maintindihan. Sigurado ako na ako lang ang pakay ng mga to pero, bakit dinamay nila sila Mica at ang iba pa? Isa lang ang nasa isip ko na gagawa nito sakin. Yung medyo matagal ng nagbabanta sa buhay ko.

*R.Sato*

Yung palaging nagpapadala ng picture ko na may letter sa likod. Yung laging nagte-text sakin bukod kay Yuri at GagongBaliw. Yung kaaway talaga ni Yuri pero sa hindi ko maintindihan na dahilan eh dinamay ako.

Narinig ko ang malakas na balabag ng pinto ng sasakyan. Narinig ko din ang pagbubulungan ng ilan sa kanila. Patuloy pa rin sa pagsigaw sila Honey at ang iba. Mukang umiiyak na din si Mica dahil sa paghikbi nya sa bawat salita nya.

Kahit ako naiiyak na rin sa takot pero hindi yon ang tamang gawin ngayon. Kailangan kong tibayan ang loob ko. Hindi ko alam kung anong sunod na mangyayari.

**"TAHIMIK!"** Sigaw ng isang lalaki dahilan para tumahimik ang mga kasama ko.

Kinuha ko ang pagkakataon para magsalita. **"Si Sato ba may utos nito?"**

**"Wag mo sagutin."** Sabi ng isa sa kanila mula sa likod.

**"Bakit kailangan nyong idamay ang mga kaibigan ko—?"**

**"OMG! We're not friends!"** Singit ni Freya.

*Ngayon pa talaga nya naisipan na ipagpilitan yon.*

**"B!tch! Hindi ikaw ang tinutukoy nya!"** Sigaw ni Honey sa kanya.

**"Shut up!"**

At nag-away na nga sila sa pagpapalitan ng mura at pagtatawagan ng kung ano-anong insulto. Kung pwede ko lang sampalin ang muka ko ngayon dahil sa pangu-ngunsumi sa kanila kanina ko pa ginawa.

**"Tatahimik ba kayo o ako magpapatahimik sa inyo?"** Sabi ng isang lalaki na mukang nasa bandang harapan ko.

*Kainis!*

Wala akong makita dahil dito sa nakasaklob sa muka ko. Totoo nga na meron kakaibang amoy. Parang nalutong pawis.

Napilitang tumahimik ang dalawa. Sa bawat oras na tinatagal namin sa loob ng sasakyan parang lalong humihigpit ang paghinga ko. Masyadong mabilis ang tibok ng puso ko at ayaw huminahon kahit anong pagpapakalma ko sa sarili ko.

Hangang sa huminto ang sasakyan at narinig ang pagbukas ulit ng pinto.

**"Don't touch me!"** Dinig kong sigaw ni Freya.

Kasunod din non ang paghatak sakin ng kung sino palabas ng sasakyan. Halos masubsob ako dahil hindi ko naman nakikita ang tinatapakan ko.

**"Bilis!"** Sabi ng may hawak sakin at pilit akong pinapatayo.

**"Tanggalin mo kaya tong nasa ulo ko ng makita ko yung dinadaanan ko!"** Inis na sabi ko sa kanya pero hindi naman nya ko sinagot.

Habang naglalakad alam kong kasunod ko ang iba. Naririnig ko kasi ang sunod-sunod na sagutan nila Freya at Honey. Ang pagrereklamo ni Ella at Rakki at ang paghikbi ni Mica.

Huminto kami ilang sandali at nakarinig ako ng pagbukas ng pinto. Kasunod non ang sapilitang pagtulak sakin paupo.

**"Aray! Ano ba!"** Reklamo ni Rakki na mukang nasa tabi ko.

**"Remove it."** Dinig kong sabi ng isang lalaki at tinanggal nila ang nakasaklob sa ulo ko.

*Anak nang...*

Napapikit ako dahil sa sobrang liwanag. Parang natuyo ang eyeballs ko. Nang makapag-adjust na ang mata ko sa liwanag. Don ko palang naidilat ng maayos ang mata ko.

Isang lalaki na naka-sleeveless na puti ang bumungad sakin. Halatang hindi sya pinoy. Balot ng tattoo ang mga braso nya pati leeg. May itsura sana, pwede ipang-laban ng ka-gwapuhan kay Yuri kayalang mukang adik sa kanto.

Idagdag pa yugn Peircing sa ilong at labi. Buti hindi pa nato-tokhang to.

**"Sino ka naman?"** Tanong ko kahit parang may ideya na ko.

Ngumiti sya sakin ng nakakaluko. **"Me?"**

*Ay hindi! Yung katabi mo siguro.*

Lumapit sya sakin at yumuko. Sinabunutan nya ko para mapatingala at mapatingin sa kanya.

**"I am your grimm reaper."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 257

**A/N:** Nakalimutan kong mag-thank you sa lahat ng bumati sakin nung birthday ko.

And thank you din sa lahat ng sumusuporta sa AMNSE, at least once naging #1 sya sa TeenFiction.

**Enemy who?**

***Jay-jay's POV***

Tagaktak ang pawis ko. Mahapdi din ang pulsuhan ko dahil sa sikip ng pagkakatali nila.

Hindi na ulit ako kinausap pa ng hudas na to. Panay lang ang salita nya sa mga kasama nya ng salitang hapon. Mabuti nalang at nakaramdam tong mga kasama ko at nag-sitahimik din.

*Ryosuke Sato!*

Yun ang pangalan nya. Ryo ang tinatawag sa kanya ng mga kasama nya. Pero mas gusto ko syang tawaging Gunggong.

Nakakainis! Hindi ako makaisip ng pwedeng gawin dahil baka madamay sila Mica. Baka sila ang pagbuntunan nya. Kahit pagsasalita hindi ko magawa dahil baka hindi sya matuwa sa sasabihin ko.

**"You!"** Sabi nung Gunggong sabay turo kay Ella. **"...why are you looking at me like that?"**

Halatang hirap syang magsalita ng english. Tinignan ko si Ella na itinuro nya. Gusto kong sampalin ang noo ko dahil sa itsura nya. Hindi nga sya nagsasalita pero ang sama naman ng tingin nya kay Sato.

*Sige lang... Gandang moves nyan.*

**"Because I don't understand—."**

Mabilis na pinutol nung Sato ang sasabihin nya. **"You don't have to."**

Hindi ko mapigilan na hindi maki-alam. Ang dami nya kasing kailangang idamay.

**"Bakit pati sila andito? Ako lang naman kailangan mo diba?"**

Lumipat ang tingin nya sakin. **"Yes, but things didn't work well because of Jason."**

*Si Friday the 13th?*

Yung nakalaban namin sa gotohan. Yung naka-motor na maganda. Buhay pa kaya yon?

**"...what I want is Keifer, Yuri and their gang."** Dagdag nya pa.

Gang? Sino? Yung mga Ulupong? Eh hindi naman Gang yung mga yon. Gang-gangan (feeling Gang) pwede pa.

Isa pa! Wala yung Hari nila. Alangan namang intayin pa naming umuwi yon. Jusme! Baka graduation na sa HVIS andito pa rin kami kasi hindi pa rin nagpapakita yung isa.

**"Baka pwedeng wag mo na silang isali pa dito? Pupunta naman yung mga yon kahit ako lang ang hawak mo."** Sabi ko ng may pakiki-usap ang tono.

**"Then ikaw lang ang bida?!"** Maarteng singit ni Freya.

**"Ay tanga."** Bulong ni Ella pero halatang parinig.

*Kahit hindi kami okay sa alright ni Ella.... Sasang-ayon ako sa kanya.*

**"What?!"** Inis na tanong ni Freya.

**"Actually, I agree with her."** Gatong pa ni Honey patukoy sa sinabi ni Freya. **"...ang dating kasi ikaw lang ang ililigtas. Ikaw lang ang bida."**

**"Ay isa pang engot."** Sabi ni Rakki habang napapa-irap.

Gusto kong iuntog ang ulo ko sa pader dahil sa katangahan ng dalawang to. Gumagawa na nga ako ng paraan para maka-alis sila dito tapos yun pa talaga ang nasa isip nila.

*Wow.... Just wow.*

**"*Urusai!*"** (Shut up!) Sigaw ng Gunggong samin.

**"WHAT?!"** Sabay na tanong ni Freya at Honey

Napahawak si Sato sa sintido nya. **"I said '*shut up*'."**

Napa-nod naman kami pare-pareho. Tumahimik naman ang mga Gaga. Sandaling tumalikod samin ang Gunggong at merong sinabi sa kasama nya.

Meron kinuha yung kinausap nya sa bulsa. Sabay labas ng cellphone. Pinaka-titigan ko yon dahil pamilyar sakin. Meron casing na kamuka ng....

*Shit! Cellphone ni Aries.*

**"Panu napunta sa inyo yan?!"** Tanong ko habang nakatitig pa rin sa cellphone.

Sabi ko na. Hindi nga yung Horoscope yung nagtext sakin. Napaka-burara kasi ng lalaking yon.

**"Kay Aries yan!"** Sabi ni Ella at tangkang tatayo pero mabilis syang hinawakan sa balikat ng isang lalaki. **"...kasama nyo ba sya? Andito din ba sya? Anong ginawa nyo kay Aries?!"**

Nakaramdam ako ng takot. Hindi ko maintindihan. Ang nasa isip ko lang nawala na naman nya ang cellphone nya. Pero ano tong sinasabi ni Ella?

**"Anong..... hindi ba nasa school si Aries?"** Mahinahon kong tanong pero bakas ang takot.

**"Kasama namin syang naghahanap ng cellphone nya. Naghiwalay lang kami sandali pero nung balikan na namin sya, kayo naman ang nakita namin."** Paliwanag ni Mica.

*Hindi... Wag naman sana!*

Hinarap ko si Sato. **"Andito ba sya?!"**

Ngumiti sya ng nakakainis sabay senyas gamit ang dalawang diliri nya sa mga kasama. Parang may hinabol na kabayo ang puso ko dahil sa mas malakas na tibok nito.

Isang lalaking naka-uniporme at may supot na itim sa ulo ang ipinasok nila. Inayos naman ng iba ang isang upuan para maiharap samin at dun inupo ang hawak nilang lalaki.

Pag-upo nya, tinanggal ni Sato ang supot na itim sa ulo ng lalaki.

*Putik!*

**"ARIES!"** Halos sabay na sigaw namin ni Ella.

Para syang nahihilo na naka-droga na napuyat dahil sa sobrang paglalaro ng video game.

Pilit nya kaming tinignan at parang nagising sya sa panaginip ng ma-realize kung sino kami.

**"J-jay? Ella? What—The hell!"** Sigaw nya ng mapansing hindi nya maigalaw ang mga kamay dahil tali.

Sinubukan nyang magpumiglas mula sa pagkakatali pero walang saysay yon.

**"ANO BA KASING KAILANGAN MO?!"** Galit na sigaw ko.

*Tangina! Lahat nalang ba kailangang idamay!*

**"Shut up Jay!"** Sigaw sakin ni Aries.

**"BAKIT KAILANGAN MO PA SILA ISALI—!"** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil sa biglang pagsampal nya sakin.

Pati sila Ella at iba pa ay napasigaw dahil sa pagkabigla.

**"FVCK YOU! DON'T YOU FVCKING TOUCH MY SISTER!"** Galit na galit na sigaw ni Aries.

Kung wala lang humawak sakin sa balikat mula sa likod malamang dumiretso na ko sa sahig. Napapikit nalang ako dahil sa sakit.

*Putena ka! Gagantihan kita mamaya!*

Pinilit kong idilat ang mata ko. Napansin ko na bawat isa samin ay may lalaki ng nakatayo sa likod at nakahawak na sa braso para hindi kami makatayo.

**"Noisy, noisy."** Sabi ni Sato at lumapit sakin.

Pilit akong tiningala ng lalaki sa likod ko gamit ang paghatak sa buhok ko.

**"I don't like noisy people."** Sabi nya at kasunod non ang biglang pagsuntok sa sikmura ko.

*Bwisit ka!*

Binitiwan ako ng may hawak sakin kaya tuloy-tuloy akon bumagsak sa sahig. Panay ang mura ni Aries habang nagpupumiglas.

**"AKO HARAPIN MO DUWAG!"** Dagdag pa nya pero pinagtawanan lang sya ni Sato.

Maluha-luha ako habang namamalipit sa sahig. Hindi ko man lang magawang hawakan ang tyan ko dahil sa pagkakagapos.

Muli akong tinayo ng isang lalaki at ibinalik sa kinauupuan ko. Habol ang hininga ko at muli na naman akong hinarap ng Gunggong.

*Punyeta ka! Mababawian din kita!*

**"Listen to me."** Sabi nya at may nilabas na cellphone. **"...talk to Yuri. Ask him to be here as soon as possible. Your life is in danger and bring his gang and of course.... Keifer."**

**"Don't follow him."** Sabi ni Aries.

Pumitik si Sato sa daliri nya at tinuro si Aries. Agad syang sinuntok ng isa pang lalaki. Muntik na kong mapatakbo sa kanya kung hindi lang nakaharang ang pagmumuka nitong sira-ulong Gunggong na to.

**"You will do what I said or..."** Tinuro nya sila Ella. **"...I will hurt them next."**

**"Gawin mo na yung sinasabi nya!"** Sigaw sakin ni Freya.

**"Tumigil ka!"** Sigaw ni Rakki sa kanya. **"...baka kung anong gawin nya kila Ci-N."**

**"T-tama si Rakki. Baka hindi kayanin nila Calix baka marami ang kalaban."** Dagdag ni Mica.

**"Ano ba?! Malamang hihingi sila ng tulong sa mga pulisya. Hindi naman talaga nila kaya ang baliw na to eh."** Inis na sabi ni Honey.

**"Tumahimik na kayo! Hayaan nyong si Jay-jay ang magdesisyon."** Si Ella habang bakas ang pag-aalala nya kay Aries.

Tinignan ko silang lahat. Alam kong hindi nila kakayanin ang gagawin sa kanila ni Sato. Hindi naman sila matibay na kagaya ko.

Pero kung papa-puntahin ko naman sila Yuri dito. Baka pagtulungan sila. Baka mas marami ang tauhan nitong Sato kesa sa inaasahan namin.

*Tsk! Bahala na!*

**"I'll do it."** Sagot ko kay Sato.

Ngumiti sya at nagpipindot sa cellphone. Naka-loud speak yon kaya dinig ng lahat ang pag-ri-ring.

Tinapat ang cellphone sa bibig ko saktong namang sinagot ang tawag mula sa kabilang linya.

**["*Hello? Sino to?*"]** Boses yon ni Yuri.

**"Y-yuri..."**

**["*Jay? Anong nangyari? Nasan ka?*"]**

Tinignan ko si Sato, halata sa muka nya na inaabangan nya ang sasabihin ko.

**"Yuri..."** Huminga ako ng malalim. **"...marami sila, sampo sila dito sa loob hindi ako sigurado sa nasa labas. Magdala ka ng backup—."**

Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko ng ilayo ni Sato ang cellphone at salubungin ng sampal ang muka ko. Muntik na kong malaglag ulit pero may humawak na naman sakin mula sa likod.

Kinuha ko ang pagkakataon na malapit sya at dinuruan sa mismong muka nya. Manhid na manhid na yung pisngi dahil sa dalawang sunod na sampal nya.

*Baka pwedeng kabila naman, para pantay!*

Masama na ang tingin sakin ng Gunggong. Pinunasan nya ang muka nya gamit ang palad habang inaabot naman ng isang kamay nya sa tauhan ang cellphone.

**"Send him our location and get ready."** Utos nya ng hindi inaalis ang tingin sakin.

**"*Fuzakeruna!*"** (Don't mess with me) sigaw nya sakin.

**"*Fuzang ina ka rina!*"** Pang-gagaya ko sa tono nya.

Mukang nakuha naman nya ang ibig kong sabihin yun nga lang, napatid na ata ang pisi ng pasensya nya. Walang pakundangan nya kong sinakal.

**"BITIWAN MO SI JAY-JAY!"** Sigaw ni Aries.

Naririnig ko ang din ang sabay-sabay na pagsigaw nila Mica. Pero hindi ko alam kung anong papakinggan ko. Dahil ang alam ko lang ay ang paghigpit ng hininga ko kasabay ng unti-unti'ng panlalabo ng paningin ko.

**"*Jigoku he ike!*"** (Go to hell!) Sigaw nya sa mismong muka ko.

*Putang'na ka! Kung minura mo man ako o hindi!*

Halos magdilim na ang paligid ko ng bitawan nya ko. Napayuko ako habang habol ang hininga ko at umu-ubo. Unti-unti kong naramdaman ang mga luha ko sa gilid ng mata ko.

**"I am so eager to kill you!"** Sabi nya at naglakad palayo sakin.

**"S-sato."** Tawag ko sa kanya kahit parang wala ng boses na lumalabas sa bibig ko.

Humarap sya sa sakin at tinignan ko naman sya ng masama.

**"...just wait u-until I get out of here. I will make you pay."** Banta ko pero tinawanan lang nya ko.

Lumabas sya ng pinto at ganun din ang ibang kasama nya. Binitawan na kami ng mga lalaki'ng nasa likod namin. Umalis din sila hangang sa dalawa'ng tao nalang ang natira.

**"Jay..."** Tawag sakin ni Aries.

Tinignan ko sya at pilit ngumiti. **"O-okay lang ako."**

**"Darating sila, diba?"** Tanong ni Honey.

**"Pano kung hindi nila kaya yung kalaban?"** Nag-alalang tanong ni Mica. **"...pano na tayo?"**

**"Kaya nila! Alam akong kaya nila!"** Sagot ko kahit sa totoo lang hindi ako sigurado.

Gusto kong umiyak. Akala ko talaga malalagutan na ko ng hininga. Kitang kita ko sa mga mata nya na gusto'ng-gusto na nya'ng ituloy yon.

Pero hindi ko pwedeng gawin yon. Hindi sa harap nila. Kaylangan kong maging matibay dahil kung pati ako susuko. Pano na sila? Ano nalang kami?

*Darating sila, alam ko. Pero darating ba sya?*

**"Sino ba yung lalaki kanina?"** Tanong ni Rakki. **"...ano ba kailangan nya satin?"**

Nagtinginan kami ni Aries. Alanganin kung sasagutin ba ang tanong ni Rakki. Baka hindi maging maganda ang isipin nila kapag nalaman nila na ako talaga ang target nya.

**"Naalala ko sya."** Biglang sabi ni Ella. **"...nakita ko na syang kausap ni Yuri dati."**

**"He said, si Yuri, Keifer at Gang daw kailangan nya."** Sabi ni Freya. **"...may Gang sila?"**

**"Ang Section E ang tinutukoy nyang Gang."** Sagot ko.

**"Kaya ba andito tayo? Kasi alam nyang malapit tayo sa Section E?"** Tanong ni Mica.

*Pwede...*

Ngayon ko lang din naisip yon. Hindi naman siguro nya idadamay lang sila Mica at ang iba pa ng dahil lang sakin. Unless nalang kung nasubaybayan na nya ng husto ang lahat ng galaw ko o pwede ring pati galaw ng mga Ulupong.

**"Bakit pati ako? At si Aries?"** Sabi ni Mica at tinignan kami. **"...pati na rin si Rakki, eh hindi naman sya mapaglapit sa Section E."**

**"Also me."** Singit ni Freya. **"...I don't remember having connection with them. Maybe with Yuri and Keifer but that was like.... a very long time ago."**

*Oo nga!*

Ibig sabihin ba non, nadamay lang talaga sila sakin. Kung yun nga yung dahilan, kasalanan ko to. Kasalanan ko kung bakit pati sila andito.

**"Kahit ano pa yang dahilan na yan. Sure akong baliw yang lalaki na yan."** Sabi ni Rakki habang nakatingin sa pinto na dinaanan ng Gungong. **"...nakita nyo naman yung ginawa nya kay Jay-jay."**

**"So ano na? Aantayin nalang talaga natin yang mga Section E na yan?"** Inis na sabi ni Honey.

**"Ipagdasal mo."** Sagot ni Aries. **"...Ipagdasal mong dumating sila kasama si Keifer."**

Tinignan ko si Honey. **"Ikaw ang kasama nya. T-tingin mo ba makakarating sya?"**

**"I don't know."** Sagot nya at nag-iwas ng tingin.

**"Panung hindi mo alam?"**

**"I don't know! Walang paraan para ma-contact sya! Except kay Keigan, which is impossible dahil hinaharang nya lahat ng connection ni Keifer dito sa Pilipinas."** Paliwanag nya dahilan para mapatingin ang iba sa kanya.

**"H-hindi ko maintindihan."** Sabi ko habang napapailing.

Huminga ng malalim si Honey. **"Kailangan ni Keifer na ayusin ang sarili nya. No space and time for distraction dahil ayaw ibigay ng mga**

**kamag-anak nya ang mana nya. Keigan make sure that he will have all the time in the world kaya pinutol nya ang connection—."**

Agad kong pinutol ang sasabihin nya. **"Teka nga! Teka! Teka! Anung pinutol? Eh nakaka-usap nya yung ibang mga Ulupong! Naka-usap pa nya tong si Horos—Aries!"**

**"Duh!"** Sagot nya. **"He have ways."**

*Wew... Yung motto nyang pang-bangko.*

Naguguluhan talaga ako. Hangang sa pumasok sa isip ko yung picture nya nung birthday nya. Yung pinadala ng GagongBaliw.

Kung wala pala syang connection dito samin. Malabo na talaga na iisa sila nung textmate kong parang laging sabog. Minsan lang din nya maka-usap.

Pare-pareho kaming tumahimik. Nakikiramdam at nag-iisip ng pwedeng mangyari samin. Ngayon ko lng napagtanto na nakakabaliw ang katahimikan.

Pasimple kong kinakalas yung pagkakatali kamay ko pero mas lalo lang humahapdi yon tuwing ginagalaw ko.

*Nakakainis! Walang kahit na anong bagay ang pumapasok sa isip ko.*

Tinignan ko si Aries na nakatingin din pala sakin. Bakas sa muka nya ang pag-aalala. Gusto ko sana syang tanungin kung may plano ba sya pero nakabantay samin yung dalawang tauhan ni Sato'ng Gunggong.

**"Ang init naman dito! Wala ba kayong aircon?!"** Maarteng tanong ni Freya.

Napabuntong hininga nalang kami. Inalala pa nya talaga yung temperatura sa kwarto kesa sa sarili nyang buhay.

Hindi naman sya pinansin nung dalawa. Tinignan lang sya sandali bago hinarap ang isa't-isa para mag-usap.

**"Ay bingi-bingihan! Hindi naman gwapo."** Parinig ni Freya sa kanila.

**"Can you please shut the fvck up?!"** Inis na sabi ni Honey.

*Ayan na naman sila!*

Kung ganito naman ang maririnig ko, dun nalang ako sa tahimik kahit mabaliw ako. Panay pa rin ang bangayan nila. Hindi naman din na sila inaawat ng mga bantay namin at nila Rakki. Mukang nagsawa na sa kakapagitna sa away nila.

May kalahating oras na yata kaming mga naka-tanga at naghihintay ng mangyayari ng biglang pumasok si Sato'ng Gunggong. Nakangiti pa sya at parang ang sarap bawasan ng ngipin nyang kintab to the max.

*Wag kang kakanta! Wag kang kakanta!*

**"He's here."** Sabi nya at tumingin sa bandang likod namin.

Ganon din ang ginawa ko at ng iba pa. Bumukas ang pinto na gawa sa bulok-bulok na kahoy at niluwa non ang taong kanina pa inaasam ni Sato na makita.

Kasunod ang dalawa sa tauhan nya. Lumakad sya palapit samin habang nakatingin sakin.

**"Y-yuri..."** Halos bulong kong sabi.

Ngumiti siya sakin sandali bago huminto sa paglalakad at harapin ang Gunggong.

**"Let them go now."** Seryoso'ng utos ni Yuri.

Tumawa ng malakas si Sato. **"No!"** Biglang sigaw nya. **"...I said, You, Keifer and your Gang."**

Pilit pa rin nyang hinahanap ang mga Ulupong at ang Hari nila.

**"Keifer is busy and we don't have a Gang, we called them friends."** Paglilinaw ni Yuri.

Yung kaibigan talaga turing nila sa mga Ulupong na yon. Lakas maka-proud.

**"Then where is—!"** Hindi na natapos ang sasabihin ni Sato ng may bigla nalang bumagsak mula sa kisame sa likod namin.

Pare-pareho kaming lumingon don. Bagsak na ang manipis na Plywood na puro anay na. Kasunod non ang unti-unti'ng pagtayo ng isang maliit na lalaki habang nagpapa-pagpag ng damit.

Napatingin ako kay Yuri ng sampalin nya ang noo nya. Mukang palpak ang isang to.

**"Bakit ang lambot ng kahoy na yon?"** Sabi ng taong maliit—mas tamang sabihin na Batang Kumag.

**"Ci-N?"** Sabi ni Ella.

Lumingon sya samin na parang inosenteng bata. Tumingin pa sya sakin at kay Yuri bago ngumiti ng malapad.

**"*Torplise!*"** Sabi nya sabay taas ng dalawang kamay.

**"Get him!"** Sigaw ni Sato pero bago pa sila makakilos sunod-sunod na ingay na ang narinig namin sa labas.

**"*May nakapasok!*"** Sigaw ng kung sino.

Tinignan ko si Yuri. Meron syang kasama, hindi sya nag-iisa! Bago pa man ako makapag-salita merong humawak sakin mula sa likod at hinatak ako palayo.

Sinubukan akong habulin ni Yuri pero hinarangan na sya ng mga tauhan ni Sato. Narinig ko din ang pagsigaw ni Aries sa pangalan ko. Masyadong mabilis ang mga pangyayari.

**"Saan natin sya dadalhin?"** Tanong ng isang lalaki na nasa likod ko.

Tinignan ko kung sino yung mga nasa harapan ko. Lahat sila nagmamadali sa paglakad.

**"Get the car!"** Utos ni Sato sa isang lalaki.

*Kotse? Ilalayo nila ko!*

Mabilis akong nagpumiglas sa lalaking may hawak sakin pero dahil sa bilis nila sa paglalakad natumba ako sa sahig. Narinig ko ang sunod-sunod na pagsasalita ni Sato ng hapon. Pamilyar sakin ang iba sa sinasabi nya na sigurado akong mura.

Bigla nalang nya kong sinabunutan at hinatak. Napasigaw ako sa sakit. Kahit makapal ang buhok hindi naman sapat yon para mabitbit non ang buong katawan ko.

**"*Kisama! Ama!*"** (You! Bitch!) Sigaw nya pa.

Tanging magpapadyak nalang ang nagawa ko. Hindi ko na rin napigilan ang pag-iyak ng dahil sa sakit. Ayoko talaga ng pakiramdam ng hindi ako makalaban.

*Tang'na ka! Kapag ako napanot, kakalbuhin kita!*

Pabato nya kong binitiwan ng mapagtantong hindi nya ko mahahatak ng ganun lang. Akala ko susuko na sya pero sinipa sa likod. Dahil nakatali sa likod ang mga kamay ko, yon ang unang sumalo ng sipa nya.

**"Arrgghh! Tama na!"** Sigaw ko dahil sa sakit.

Para syang gigil na gigil na saktan ako. Hindi pa sya nakuntento at hinampas ako ng matigas na bagay. Agad akong dumapa para ilayo ang muka at dibdib ko dahil yun ang sunod nyang puntirya.

**"Tama na! TAMA NA!"** Sigaw ko na may halong pagmamaka-awa.

Tumigil din sya matapos ang ilang paghampas na sinalo ng balikat at braso ko. Pinatamaan din nya ang hita at binti ko.

Gusto kong umiyak ng malakas dahil sa sakit na nararamdaman ko. Hindi ko na rin magawang kumilos pa. Pakiramdam ko sa ganitong paraan nya ko papatayin.

Pero mukang mali ako dahil narinig ko ang pagkasa nya ng baril na mukang gagamitin nya sa pagpatay nya sakin.

**"Go to hell now!"**

*Kahit sino.....please.....tulong.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 258

**A/N:** Ahehehe... *Torplise!*

Happy Birthday!
Mikaella Mhaye
Cassandra Sorraco
Jucille Friales

Advance Happy Birthday!
Kristine Trance

Happy Birthday!
Ate Carms from Team Balisa

## Black and white

***Jay-jay's POV***

Pigil ko ang luha at paghinga ko. Pakiramdam ko maling galaw ko lang butas ang bao ng ulo ko. Kahit hindi ko tignan ramdam ko na sa batok ko nakatutok ang baril.

Ilang beses na kong natutukan ng baril, pero habang tumatagal pabigat ng pabigat yung nararamdaman ko. Parang palapit ng palapit ang kamatayan ko.

**"Aaarrrggghhh!!"** Malakas na sigaw ni Sato kasunod nang pagpapaputok nya ng baril.

Napasigaw ako ng malakas sa pag-aakala na sa akin ang tama non, pero wala akong naramdaman na kahit na anong sakit. Pwede ring namatay na kasi agad ako kaya ganon. Dinilat ko ang mata ko at nakikita ko pa naman ang paligid kahit malabo dahil sa luha.

*Hindi na to biro! Mamatay na yata talaga ako.*

Pwedeng wag muna? Meron pang hindi nagbabayad ng utang sakin. Hindi pa din kami ayos ng mga Ulupong. Hindi ko pa din nasasapak ang Hari nila. Hindi ko pa din nakikita si Papa. Baka pwedeng after nalang non.

Muli na naman akong hinawakan ng isa sa kanila at pilit tinayo. Dahil hindi ako makalakad ng maayos napilitan syang kaladkarin ako na parang manika. Halos masubsob ako dahil sa bigat ng katawan ko.

Lumabas kami sa isang pinto at malawak na bakanteng lote ang bumuluga sakin. Sa hindi kalayuan ay mga tambak ng semento at putol-putol na sanga ng puno.

**"WHERE IS MY CAR?"** Sigaw ng Gunggong na Sato sa mga tauhan nya.

Hindi ako makapag-isip ng maayos. Nahihirapan akong huminga dahil sa pinag-gaga-gawa ng Sato na to sakin. Sabog-sabog na ang buhok ko sa muka. Malamang muka na kong bruha pero hindi yon ang inaalala ko.

Kailangan kong makatakas sa kanya!

Bigla nalang nagwala sa galit ang Sato at pinagsisipa ang mga tauhan nya. Pati yung may hawak sakin hindi naka-ligtas. Para syang bata na nagwawala dahil hindi nakuha ang gusto. Nang wala ng mapag-initan tinutukan na naman nya ko ng baril.

**"I want you dead! You're going to die! Your friends will not help you!"** Sigaw nya habang dinu-dutdot ang baril sa ulo ko.

**"H-hindi yan totoo!"** Sagot ko sa kanya pero patuloy pa rin sya sa pagsigaw at pagtutok ng baril sakin.

**"No one will help you! You will die here! I will kill you!"**

**"HINDI!"** Buong lakas na sigaw ko sa kanya. **"Darating sila! Ililigtas nila ko!"**

*Andito na nga sila eh!*

**"They will not make it! My man will defeat them!"**

Feel talaga nyang makipag-sigawan sakin. Buti sana kung ang bango ng hininga nya. Idagdag pang panay ang talsik ng laway nya sa mismong pagmumuka ko.

Alam ko ang ginagawa nya. Tinatanggalan nya ko ng pag-asa. Akala naman nya magpapa-uto ako sa kanya. Palagay nya sakin? Bata?!

**"BWISIT KA! ILILIGTAS NILA KO! ALAM KO YON! DAHIL MGA KAIBIGAN KO SILA! MAY TIWALA AKO SA KANILA!"** Sigaw ko habang pilit nilalapit ang muka ko sa kanya ng madama naman nya ang laway ko.

*Damhin mo! Gago!*

Nakarinig ako ng mahinang palakpak. Kasunod ang kuwaring paghikbi ng kung sino. Tinignan ko yon na nagmumula sa bandang likod namin.

**"May tiwala si Jay-jay satin! Nakakaiyak!"** Sabi ni Rory.

**"Nice! May tiwala sya!"** Sabi ni Mayo habang tumataas-taas ang kilay.

**"Trust trust baby!"** Sabi ni Drew habang sumasayaw pa.

**"Wow... Tiwala."** Gatong ni Josh na halata namang sarcastic.

Napangiti ako pero nawala din agad yon ng maramdaman ko ang metal na bagay sa ulo ko. Kasabay non ang paghawak nya sakin sa braso para hindi ako makalayo sa kanya. Eto na naman sya!

Sabay-sabay silang na-alarma. Sinubukang lumapit nung iba pero lalo diniinan ng Gunggong ang baril sa ulo ko.

**"Easy..."** Sabi ni Felix.

**"Where is Yuri and Keifer?"** Tanong nya sa mga Ulupong.

Nagtinginan ang mga luko. Walang makasagot. Gusto kong maiyak! Mamatay nalang ako hindi pa rin sya magpapakita. Ano pa bang dapat na mangyari sakin? Baka nakalibing na ko at nabubulok na sa kabaong wala pa din sya.

*Punyeta ka Keifer! Punyeta ka talaga!*

Papakain ko sayo medyas kong hindi pareho. Hudas! Nakakainis! Sarap mong salaksakin sa ngala-ngala. Pipitikin ko gilagid mo! Sarap hugutin ng esophagus!

**"Potena! Bitiwan mo na ko! Hindi darating ang Hinayupak na yon!"** Inis na sigaw ko.

Kung naiinis ako sa Sato na to, nang-gigigil ako sa Pesteng Demunyong Hari ng mga Ulupong.

**"Bitaw na! Aaaggghhh!"** Sigaw ko habang nagpupumiglas.

**"Ingay."** Dinig kong sabi ng kung sino.

Natahimik ako at ganun din si Sato. Anak ng shutanginamers!

Luminga-linga ako. Isa-isa ko ding tinignan lahat ng kaharap ko. Pati mga tauhan ng Gunggong na to na nasa likod namin at nasa sahig tinignan ko din.

**"A-andito sya."** Sabi ko habang nililigid ang paningin ko. Nang hindi sya makita, hinarap ko ang mga Ulupong. **"Andito sya? Andito ba sya?"**

**"W-who? Who is here?"** Tarantang tanong ng Gunggong na Sato.

*Yung Nanay mo andito!*

Mukang nakaramdam na sya ng takot. Unti-unti nya kong hinahatak palayo sa mga kumag na kaklase ko. Wala din namang saysay yon dahil malawak ang paligid. Tumakbo man kami kita din kami kung saan kami mapupunta.

**"Let her go now!"** Sigaw ng kung sino.

Kung hindi ako nagkakamali, boses yon ni Yuri.

**" Let her go... Let her go... "** Pakantang sabi ng isa pa na kagaya ng kanta ni Elsa.

Hindi ako pwedeng magkamali, boses yon ni Percy.

**"Let go of my sister!"** Ang boses ng Horoscope. Si Aries to.

Mula sa gilid ng gusaling pinang-galingan namin. Dahan-dahang naglalakad ang mga pinang-galingan ng boses na yon. Nagsimula sa kapatid ko, kasunod ang isa ko pang kapatid at si Yuri.

Akala ko hangang sa kanya nalang pero parang bumagal ang oras ng mapansin kong may kasunod pa sya. Nang makita ko ang sapatos na itim na tumatapak sa maalikabok na lupa. Paangat sa pants na itim nito at sa naka-tak ing puting long sleeves. Ang kurbata na halatang mamahalin na unti-unti nyang tinatanggal habang palapit samin. Hawak sa isang kamay ang coat na itim. Hindi ko na napigilan ang hindi mapaluha.

*Hari ng mga Ulupong.*

Naka-brush up ang buhok ng Gago! Huminto silang apat hindi kalayuan sa kinatatayuan namin. Ngumiti sya ng nakakaluko at puno ng pagyayabang.

**"Tss... Profanity."**

*Ay wow!*

Wow talaga! Alam mo yung...mapapamura ka nalang talaga. Yun pa talaga! Kailangan talaga yung famous line nya muna. Inis na inis na talaga ako sa kanya pero kahit ganun, bakit parang tumatalon ang puso ko sa tuwa.

**"Kumag ka! Yan pa talaga inintindi mo! Hayop!"** Sigaw ko.

Gusto ko ng abutin ang muka nya para masapak ko na. Pero malayo ako, tapos hawak ako nitong Sato na to. Hindi ko tuloy sya mayayaka—*este,* masusuntok.

Ngumiti na naman sya ng nakaka-asar. Parang ang sarap kalasin ng mga ngipin nya'ng perpekto sa likod ng mga labi nya'ng hindi na kailangan ng pangulay. Ginulo nya ang buhok nya sandali bago tuluyang hinatak ang necktie nya at binato kasama ng coat.

Bakit parang mas lalo syang gumwapo—*sush! Stop!* Yun pa talaga pinansin ko.

**"I came back straight from London then you'll call me *Kumag* and *Hayop*?"** Tanong nya habang nakakunot ang noo. **"...wala bang '*I miss you Keifer*' dyan?"**

*Kingina ka talaga!*

**"Gago! Nagkita tayo kahapon!"** Sigaw ko sa kanya.

Tumango-tango sya. **"Yeah. Minura mo nga ako diba?"** Paalala nya.

Nako naman kasi! Bakit pina-alala pa yon? Ang dami-dami kayang tao non sa lobby. Lahat sila tumingin sakin nung sinigaw ko yon.

**"W-wala akong maalala! H-hindi ako yon!"**

*Sige lang. Tanggi mo lang!*

Itatanggi ko sa taong magaling makahuli ng nagsisinungaling. Oo! Itanggi talaga.

Tumaas ang isang kilay nya kaya agad akong nag-iwas ng tingin. Tinignan ko lang yung langit na walang ka-ulap-ulap.

**"Ganda ng langit."** Sabi ko at bigla nalang diniinan ni Sato ang pagkakahawak sakin. **"Aahhh... Aray!"**

Muntik ko ng makalinutan na andito pa pala ang Gunggong na to. Inagaw kasi lahat ng Hari ang atensyon ko.

**"Let go Jay-jay now."** Sabi ni Yuri habang nakatingin ng masama kay Sato.

Diniin na naman nya ang baril sa ulo ko. Natatakot ako, pero parang may kakaiba sa pakiramdam ko. Hindi ko masabi pero ang magaan sa dibdib. Madalas nakakataranta kapag ganito ang sitwasyon pero ngayon na nakikita ko sila.

*Silang lahat.... Silang apat.*

Pakiramdam ko magiging okay din ang lahat. Pakiramdam ko, ligtas na ko kahit wala pa ko sa mga kamay nila.

**"Bitawan mo na si Baby Sister. Hindi pa ba sapat ang kagwapuhan namin para masindak ka?"** Pagyayabang ni Percy.

Nakita ko ang pagsampal ni Felix sa noo nya. Kahit ako ganun din ang gusto kong gawin pero nakatali pa rin ako.

**"Don't call her Baby Sister. She's my sister not yours."** Sabi ni Aries.

Tinignan sya ni Percy habang nakanguso. **"Ang sungit mo naman. Sige, ikaw nalang Baby ko."** Sabi nya sabay ngiti at amba ng yakap.

Agad na tumaas ang kamao ni Aries kaya hindi na natuloy ni Percy ang balak. Wala talagang pinipili ang mga kalokohan nya. Kahit sa ganitong sitwasyon nakakapagsalita pa rin sya ng ganun.

Pero okay lang, hindi ko man aminin pero yung mga pagbibiro nya ng ganyan ang nagpapa-alala sakin na andyan lang sya at handa akong tulungan.

Tinignan ko ang katabi nya.

Ang masungit na muka ni Aries. Dala nyan kapalaran ko. Kahit parang laging galit sa mundo yan, labs ko yan. Kahit lagi kaming nag-aaway nyan, mahalaga sakin yan. At ang masungit nyang muka na yan ang nagpapa-alala sakin na may sermon ako mamaya dahil makakaligtas ako.

Sa kabilang dulo naman ang tinignan ko.

Ang seryoso'ng muka ni Yuri. Muka tuloy syang nagbabaga sa galit dahil sa buhok nyang pula. Pero kahit ganyan yan, matibay yan dahil sa lahat ng nangyari sa pagitan namin eto pa rin sya. Ang pulang buhok nya na yan ang nagpapa-alala sakin na mamaya lang yayakapin nya ko at ipaparamdam nyang nag-alala sya.

At ang huli.

*Tang'na!*

Ang pagmumuka ng pesteng, dimunyung, kumag na Hari ng mga Ulupong. Nagpapa-alala sakin na susuntukin ko pa sya. Pagbabayarin sa lahat ng kalokohan nya sakin. Pagpapaliwanagin sa mga pinag-gagagawa nya.

**"KINGINA! BITIWAN MO NA KO!"** Sigaw ko kay Sato habang pilit hinahatak ang braso ko.

Sa hindi ko maintindihan parang napikon na sya ng tuluyan at buong lakas akong tinulak. Bumagsak ako sa maalikabok na lupa pero kasabay din non ang pagtutok ng baril nya sakin.

Hindi ko ipinikit ang mata ko. Handa na kong salubungin ang bala pero isang lalaki ang yumakap sa katawan ni Sato at pinabagsak sya.

**"TAKE JAY-JAY AWAY FROM HERE!"** Utos ni Keifer at merong bumuhat sakin.

Hindi ko na nakita ang mga sunod na nangyari. Para akong sako ng bigas na binitnit ng sa palagay ko ay si David. Pinasok ulit nila ko sa pinang-galingang gusali.

**"Ibalik nyo ko don! Baka kung ano mangyari sa kanila!"** Paki-usap ko pero hindi nila ko pinansin.

May ilang sandali pa bago sila huminto at ibaba ako. Sobrang bigat ng katawan ko at parang hindi ako makahinga.

**"Kalagan nyo!"** Boses ni Kit at merong nagtanggal ng tali sa kamay ko.

Nanlalambot ako at tuyot na tuyot ang lalamunan ko. Inayos ko ang buhok kong sabog-sabog sa pagmumuka ko. Pinunasan ko din ang muka ko ng palad ko.

Habol ang hininga ko ng tignan ko ang palagid. Nasa loob pa rin kami pero malapit na sa mismong labasan. Nakatayo ang iba sa harapan ko habang inaalalayan naman ng iba sila Mica.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Ella. **"...Asan si Aries?"** Bakas ang pag-aalala sa boses nya.

**"N-nasa labas... Hinaharap nila si Sato pati mga natira sa tauhan nya."**

**"Anong masakit sayo?"** Tanong ni Eren sakin.

*Buong katawan ko pati kalooban ko.*

Pero hindi ako makasagot. Gusto kong maiyak. Dapat hindi nila ako inalis don, pano ko malalaman kung ayos lang sila?

Baliw si Sato, mas baliw sa mga nakaharap namin o nila dati. Mas malakas pa yata ang tama nya sa isip kesa sakin.

Naramdaman ko ang pagdampi ng panyo sa muka ko. Napapitlag ako pero ng makitang si David ang gumawa non hinayaan ko na din.

**"Bumitaw ka nga!"** Sigaw ni Rakki.

Tinignan ko sila na pilit tinutulak si Ci-N na nakayakap sa bewang nya. Daig pa nya ang tarsier sa itsura nya.

**"Hindi! Nag-alala ako sayo! Hindi ako bibitaw!"** Sagot naman ni Ci.

Napatingin naman ako sa mag-lovers na si Mica at Calix. Magkayakap sila at panay ang halik ni Calix sa noo ng girlfriend nya.

*Okay... Ang landi pa rin nila.*

**"Sinaktan ka nya no?"** Tanong ni David kaya napatingin ako sa kanya. **"...nagsisimula ng magpasa ang pisngi mo."**

Wala akong paki sa mga pasa na yan. Gusto kong bumalik sa labas, gusto kong malaman kung okay lang sila. Gusto kong masiguro na matatalo ang Sato na to.

Hindi ko alam kung gano pa kami katagal maghihintay pero lalong nadagdagan ang pangamba ko ng makarinig kami ng sunod sunod na putok ng baril. Dali-dali akong tumakbo papunta sa pinang-galingan non pero hinarangan ako ni David.

Tumakbo din si Ella kasunod ko pero hinarangan naman sya nila Edrix.

**"Umalis ka dyan!"** Sigaw ko kay David.

**"Dito nalang kayo!"** Sagot ni Denzel.

**"Baka kung ano na nangyari kay Aries!"** Naiiyak na sabi ni Ella.

**"Pasensya na... Laban nila yon."** Malungkot na sabi ni Rory.

**"Bakit hindi ba ko kasali? Andito nga kami dahil damay kami sa away na yan!"** Hindi ko mapigilan na hindi manlambot.

Napaluhod ako. Eto na naman yung nakakainis na pakiramdam. Yung pakiramdam na parang ang lakas maka-punyeta.

*Tang'na! Tang'na talaga!*

**"Hayaan nyo na ko! Gusto ko lang masiguro na okay si Aries!"** Pagmamaka-awa ni Ella.

Pero hindi umalis ang mga humarang samin. Pati si Ella hindi na rin nakatagal at napa-upo nalang din sa sahig.

Halos kalahating oras na ang nakalipas. Wala na kaming kahit na anong ingay na narinig sa kanila. Kung ano-ano'ng bagay na rin ang pumasok sa isip ko. Pero hindi naman nakabuti yon.

Naramdaman ko ang pag-upo ng kung sino sa tabi ko. Hindi ko na inabala pa ang sarili ko na silipin kung sino sya.

**"Jay-jay."** Si Ci-N. **"...may iku-kwento ako sayo."** Sabi nya pero hindi ako sumagot. **"...Minsan lang kami magka-usap ni Keifer. Pero kapag naka-usap ko sya, laging ikaw ang unang tinatanong nya. Ikaw din minsan ang topic namin."**

Hindi ako nag-react kahit sa ngayon ko lang nalaman ang bagay na yon.

**"Lagi syang nag-alala sayo. Iniisip din nya na baka sumuko ka na sa kanya."** Dagdag pa nya.

*Kung alam mo lang Ci...*

May ilang beses ko ng ginustong sumuko. Ilang beses kong tinangka pero lagi akong nabibigo.

**"Sabi din nya malaki daw dibdib mo."**

Agad akong napatingin ng masama kay Ci-N. Nakangiti naman sya ng nakakaloko sakin. Hindi ko tuloy alam kung totoo ba yon o napagtripan lang nyang sabihin.

**"Seryoso?"** Tanong ko.

Umiling sya. **"Joke lang... Gusto ko lang malaman kung okay ka pa o baka nahimatay ka na pala ng hindi namin alam."**

Napairap ako sa kanya. Buset naman kasi! Akala ko sinabi talaga nya yon. Manyakis pa naman din kasi yon.

**"Pero totoo sinabi nya yon noon. Nung mga unang linggo mo sa Section E."** Paliwanag na Ci na nagpa-usok sa ilong ko.

*Putang'na na talaga ang lalaki'ng yon!*

**"Gago! Hindi nga?"**

Tumawa muna sya. **"Lagi kasi syang naka-tingin sayo kaya marami syang napapansin sa katawan mo at kilos mo."**

Nakatingin sakin? Ewan pero kakaiba yung naramdaman ko sa sinabi nya na yon.

Sabagay, nasa likod ko kasi sya dati kaya hindi ko alam yung pinag-gaga-gawa nya.

**"Humanda sakin yon pagbalik nya."** Banta ko pero tinawanan lang ako nitong katabi ko.

**"Ang tagal!"** Sigaw ni Honey.

**"Pwede ka ng umuwi kung naiinip ka."** Sabi ni Felix at agad naman syang inirapan nitong isa.

**"Hinihintay ko si Percy."** Sabi nya.

**"Ako, wala'ng hinihintay. Can I go home now?"** Inis na tanong ni Freya.

**"S-sabay-sabay na tayo. P-para masiguro na walang mangyayari sa inyo."** Sabi ni Edrix.

May ilang sandali pang nag-pilitan sa usapang uwian na yan ang mga luko. Matay pauwiin ni Felix si Honey samantalang kabaligtaran naman ang kay Edrix at Freya.

Gusto ko na sana silang sigawan dahil sa ingay nila pero natuon ang paningin ko sa isang bahagi ng gusali. Sa hindi kalayuan ay may nakita akong naglalakad.

Napatayo ako at pinag-masdan yon. Si Percy ang una kong nakita. Merong mantsa ng dugo ang damit nya kaya agad ko syang sinalubong.

**"Percy!"** Tawag ko sa kanya.

Nakangiti naman syang sumalubong sakin. Napayakap nalang ako sa kanya. Nabawasan ng kaunti ang pangamba ko.

**"Anong nangyari? Kanino'ng dugo yan?"** Tanong ko pagkahiwalay sa kanya.

Alam kong hindi sa kanya yon dahil hindi naman naka-sentro sa isang lugar ang dugo.

**"Kuya, okay ka lang?"** Tanong ni Felix na sumulpot sa tabi ko.

Tinignan nya ang damit at ngumiti samin. Handa na sana syang sumagot ng may biglang humawi samin ni Felix para mapalayo sa kausap.

*Anak nang...*

**"Percy!"** Maarteng tawag ni Honey sa kanya habang naka-amba ng yakap.

Yun nga lang mabilis ang reflexes nitong si Percy. Naitulak nya agad si Honey na parang nagtulak lang ng rebulto.

**"Hm! Impakta!"** Sabi pa nya kasunod non ang malakas na pagtawa ni Felix.

**"Aw... Do you really have to push me that hard?"** Reklamo ni Honey.

Pero wala na sa kanya ang atensyon nitong stepbrother ko. Nakatitig na kasi sya kay Freya na halatang inis na inis.

**"Freyaaaaa!"** Sigaw nya habang tumatakbo at nakataas ang dalawang kamay.

Mukang may pagkakapareho sila nitong si Percy. Mabilis din kasi ang naging kilos nya. Buong lakas nyang tinulak ang lalaki at parang manikang tumaob lang ang naging ayos nya.

**"Don't touch me!"** Maarteng sabi nya.

Agad namang tumayo ang baliw na kapatid ko at parang walang nangyari sa kanya.

**"Tignan mo! May dugo ako..."** Parang bata na sumbong nya habang pinapakita ang damit.

**"So? Lahat tayo may dugo Percy."** Sarcastic na sagot ni Freya.

Napakamot lang naman sya sa batok habang naka-nguso. Kulang nalang lumuwa ang mata ni Freya dahil sa pag-irap nya.

**"Whatever."** Dagdag pa nya bago tumalikod at harapin si Edrix na hindi kalayuan sa kanya. **"...You!"** Tawag nya dito. **"...Tutal makulit ka. Samahan mo ko sa labas. Naiinip ako dito!"**

Napa-tango-tango lang si Edrix bago sumunod kay Freya palabas ng building. Bagsak ang balikat ni Percy na humarap samin pero agad din naman syang ngumiti.

**"Lalo akong nai-inlove sa kanya kapag sinu-sungitan nya ko."** Buong galak nyang sabi.

Pero hindi yon ang gusto kong malaman.

**"Asan yung iba? Bakit ikaw lang andito?"** Tanong ko.

**"S-si Aries? Asan sya?"** Nag-aalalang tanong ni Ella.

Unti-unti'ng nawala ang ngiti ni Percy. Parang may sumipa sa puso ko at kumirot yon.

Madalas syang magbiro samin pero sa pagkakataon na to, hindi ako natutuwa.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Cover V

Maraming salamat sa mga cover/wallpaper/memes/fanart atbp. Maraming maraming salamat sa inyong suporta sa AMNSE.

9k na!! Congrats sa buong group!
Mag-behave kayo!


TROPA NI
EATMORE2BEHAPPY GROUP
9K MEMBERS
I AM PROUD KA-TROPA!
Groups/TropaNiEatmore2behappy

**Go HVIS Faculty! You can do it!**

Thank you sa cover na ito. @Lnmdsn


ANG
MUTYA
NG
SECTION E
(THE DARKSIDE)
eatmore2behappy

Thank sa wallpaper na ito Angel Abrazado.

Ci-N
Peralta

Rakki
SAN
Diego

Thank you sa cover na ito. kretsensoled

Ang Mutya Ng Section E
Dark Side
EATMORE2BEHAPPY
ginni.tumblr.com

Thank din po sa cover na ito. Certified_XX


ANG
NG
tiyon
behappy

Thank you sa wallpaper na ito. @Danielle Joy

Ang MUTYA Ng
Section E The
DARK SIDE.
By:Eatmore2behappy

Thank you din po dito. lenlen_leen


Ang Mutya ng Section E
THE
DARK
SIDE
2
By: EatMore2BeHappy

Thank you ng marami dito. From tweeter Mikkhanix

# Ang Mutya Ng Section E

by: eatmore2behappy

@osheamikkha

Ang Mutya Ng
Section E
The
Dark
Side

Thank you din po dito. @RedSupreme61

JayFer

eatmore2behappy
Jay-Jay
+
Keifer
=JayFer

Ang Mutya ng
Section E
By: eatmore2behappy


Mark
Keifer
Watson

Maraming salamat dito. @LaziestGoddess

Ang
Mutya Ng
Section E
DARK SIDE
By eatmore2behappy

Thank you din po dito. xxchachi


Ang Mutya Ng
SECTION E
CHACHIXXGRAPHIX
BY:EATMORE2BEHAPPY

Ang Mutya Ng
SECTION E
CHACHIXXGRAPHIX

BY:EATMORE2BEHAPPY

Thank you po dito. Aliceuntalan26

Ang
MUTYA
ng
Section
E
Dark side
@Hiba_tan
By: eatmore2behappy

**To be Continue...**

*OceanofPDF.com*

# Cover VI

Madami to...

Promise. Kayang gumwa ng isang buong libro. Ayoko namang ihiwalay pa dito sa AMNSE dahil baka nyo makita.

Gusto ko nakikita ng lahat, proud ako sa mga Tropa kasi. Hihihi. 😍😍😍

Thank you so much sa cover na ito. OwwGirlBabe

Ang Mutya Ng Section E
Eatmore2behappy

Ang Mutya Ng Section E

Thank you din po dito. Jackeng_Saranghae

Ang Mutya Ng Section E
Dark Side

Thank so much for this covers, mekkanicxx


By:eatmore2behappy

ANG MUTYA NG SECTION E
DARK SIDE
BY:EATMORE2BEHAPPY

# ANG MUTYA NG SECTION E



## DARK SIDE

BY:EATMORE2BEHAPPY

# Ang mutya ng section e

## dark side

by:eatmore2behappy

ang mutya ng section e
by:eatmore2behappy
DARK SIDE

# Ang Mutya ng section e

by:eatmore2behappy

ang mutya ng section e
by:eatmore2behappy
DARK SIDE

ang mutya ng section e
DARK SIDE
by:eatmore2behappy

ang mutya ng section e
BY:EATMORE2BEHAPPY
dark side

ang mutya ng section e
by:eatmore2behappy
DARK SIDE

Thank you so much for this coverssss... @parkeiiaaa


ang
EATMORE2BEHAPPY
mutya
ng
SECTION E


EATMORE2BEHAPPY
Amuse
THE DARK SIDE

Thank sa cover na ito. saisaiJC19

Ang
Mutya
Ng
Section
E
EatMore2BeHappy

Thank you din sa cover na ito. itsmehatebeys

J
K
Jellyfish
Shiiroba
Jellyfishy

# ANG MUTYA NG SECTION E.

*Eatmoretobehappy*

Thank you din sa cover na ito. Laibegail

THE DARK SIDE
Ang MUTYA
ng Section E

Thank you din dito. Jeane Tabanaig


ANG MUTYA NG SECTION E
THE DARK SIDE
By:eatmore2behappy

T

hank you din dito. @cutesipanda27

# ANG MUTYA NG SECTION E

eatmorezbehappy

eatmore2behappy
ANG MUTYA
NG SECTION E
DARK SIDE

**To be continue....**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 259

**A/N:** Torplise means Surprise.

**White & Red**

***Jay-jay's POV***

Naririnig ko na ang paghikbi ni Ella mula sa likod ko. Kahit ako gusto na ring umiyak ng malakas. Wala pa namang sinasagot si Percy pero yung seryosong tingin nya ay sapat na para bumigat ang kalooban namin.

**"Asan sya?!"** May halong paki-usap ang boses ni Ella.

**"P-percy... Asan si Aries?"** Tanong ko.

Napayuko sya sandali bago magbuntong hininga. **"Si Aries..."** Panimula nya at ganun nalang ang pigil ko sa paghinga ko dahil baka tuluyan na kong bumigay. **"...si Aries...kasi..."** Tumingin sya sa bandang likod namin. **"...Ayan! Parating na!"**

Lumingon agad ako para tignan ang tinuro nya. Marumi ang damit at may talsik ng kaunting dugo, halos sing-dami lang ng kay Percy. Diretso naman ang lakad at parang walang nangyari'ng masama.

Agad na tumakbo si Ella palapit sa kanya. Mahigpit na yakap agad ang sinalubong nya.

*Okay... Yung girlfriend muna, mamaya na yung kapatid.*

Nang masiguro kong okay naman sya. Agad kong hinarap ang hayop na Percy. Pero ang hudas mabilis na nakatakas. Tanging ang pagtawa nalang nya ng nakakaluko ang narinig ko.

**"PUNYETA KA PERCING! HINDI NAKAKATUWA BIRO MO!"** Galit na sigaw ko.

**"Mwuhehehehe..."** Lang ang narinig ko galing sa kanya.

Kingina! Muntik na kong lumumpasay dahil sa kaba. Akala ko kung ano nang nangyari sa kapatid ko.

Hinarap ko na ulit si Aries na kayakap pa rin si Ella. Hindi muna ko nagsalita dahil ayoko silang istorbuhin. Masaya na kong malaman na ligtas sya at walang kahit na anong nangyari'ng masama sa kanya.

Ilang segundo lang ang nakalipas ng tignan ako ni Aries. Bumitaw sya kay Ella at agad na lumapit sakin. Hindi naman ako nag-atubili na salubungin sya ng yakap.

**"Bwisit na Percy yun! Akala ko kung ano na nangyari sayo!"** Sabi ko habang naka-subsob sa dibdib nya.

*Mamaya sakin ang baliw na yon.*

**"Okay na... Tapos na, wala ng mang-gugulo sayo."** Bulong nya sakin bago bumitaw sa pagkakayakap. **"...anung nangyari sa muka mo?"**

**"S-si Sato yan... Yung kaninang nilayo nya ko sa inyo. Ngayon lang lumilitaw mga marka."**

Niyakap nya ko ulit at hinalikan sa noo. **"Patay na si Sato."**

Nabigla ako at napabitaw sa kanya. P-patay na? Panong? Sinong? Teka! Hindi pa ko nakakaganti sa kanya.

Parang ang hirap maniwala. Oo, galit ako sa kanya pero hindi naman ako umabot sa punto na hinihiling kong mamatay na sya. Hindi naman ako ganun kasama. Maldita lang ako.

**"S-sinong—?"**

**"Pinatay nya ang sarili nya."** Mabilis nyang putol sa sasabihin ko.

*Nagpakamatay ang Gunggong.*

**"Ano?!"**

**"Sinabi kasi ni Yuri na tumawag na sya sa Japan Embassy para ipahuli sya. Mukang ayaw nyang pahuli ng buhay sa dami ng kaso nya."** Paliwanag nya.

Napa-tango-tango naman ako. Akala ko isa sa kanila ang may gawa non. Speaking of Yuri napangiti ako kay Aries. Magkakasama sila kanina, ibig sabihin ba non?

**"Hindi na kami magkakabati, kung yan ang nasa isip mo."** Sagot sakin ng Horoscope kaya nawala ang ngiti ko.

**"Bakit magkakasama kayo?"**

**"Malamang dahil kailangan mo kami. Pero hangang dun lang yon."**

*Ay sayang...*

Hinawakan nya ko sa ulo bago umalis at puntahan ulit si Ella. Masaya naman ako para sa kanila, na okay na sila. Pero kailangang laging magka-dikit?

Nawala na ang pag-aalala ko kay Aries, samantalang nabubuset naman ako kay Percy. Kailangan kasi talaga nananakot?

Si Yuri nalang at yung Pesteng Hari nila ang nagpapakabog sa dibdib ko. Bakit ang tagal nila? Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mag-isip ng masama.

May ilang beses na siguro akong nagpa-lakad-lakad. Panay din ang tingin ko sa kaparehong daan na dinaanan nung dalawa. Nagbabasakali na maglalakad din don yung mag-tropa.

**"Iihhh... Layo! Kaderder ka!"** Dinig kong sigaw ni Percy na sa palagay ko ay para kay Honey.

*Buti nga sayo! Karma yan!*

**"Wow, ikaw pa talaga nandiri sakin! Kapal mo!"** Sagot naman ni Honey.

**"Dun ka! Magnanakaw ka ng puri—ARAY!"** Sigaw ni Percy.

Palagay ko nakatikim na ng sampal ang baliw na yon. Halatang naiinip na rin yung iba. Meron pa kong narinig na naghihilik. Si Ci-N naman panay ang bitaw ng pick-up line kay Rakki.

**"Araw ka ba?"** Tanong nya.

**"Bakit..."** Napilitang sagot ni Rakki.

**"Coz you're the center of my solar system."** Kinikilig namang sagot ng Batang Kumag.

Halata namang sya lang ang kinilig sa sarili nyang pick up line. Buntong hininga lang kasi ang sinagot ni Rakki sa kanya.

Buti pa sila kaya na nilang magsaya. Samantalang ako hindi mapakali dahil sa pangamba. Idagdag pang nagugutom ako. Masama pa naman akong magutom.

*Baka mangagat nalang ako bigla.*

**"Tatawag na ba tayo ng polis?"** Dinig kong tanong ni Drew.

**"Hintayin muna natin sila Keifer."** Sagot ni Eren.

**"Kaya nga tayo tatawag ng polis eh. Baka natuluyan na yon."** Sabi nya at agad akong napatingin sa kanya ng masama. **"...J-joke lang."** Habol nya ng makita nya ko.

**"Hindi nakakatuwa biro mo!"** Inis na sabi ko. **"...ikaw kaya tuluyan ko?"**

**"Magbiro ka na kasi sa lasing... Wag lang kay Jay-jay na nag-aalala."** Singit ni David.

Tumalikod na ko sa kanila. Hindi nakakatulong ang mga Ulupong na to. Lalo lang nadagdagan ang takot ko. Gusto ko ng pumunta don pero panu ko gagawin yon kung tuwing hahakbang ako palapit haharang na agad sakin sila Kit at Mayo.

Ilang beses ko ng hinilamos ang mga kamay ko sa muka ko. Naiinis na ko! Gusto ko na namang maiyak.

Buset kasing Sato yan! Dapat hindi ka na-deds eh. Hindi pa kaya kita nasasabunutan. Ang sakit ng anit ko sa ginawa nya. Hindi pa ko nakakaganti. Isang kutos man lang sana.

*Isang pitik lang sa ngala-ngala, oks na.*

Muli kong binalik ang tingin ko sa pinang-galingan nila Percy at Aries kanina. Para akong nabawasan ng pasan ng makita kong naglalakad si Yuri palapit samin.

Napangiti ako at handa na sana syang salubungin ng makita ko ang damit nya. Ang daming dugo, sobrang dami na iisipin mong galing sa kanya sa unang tingin.

Napalunok ako. Hindi ko pa pala kaya. Akala ko mababaliwa ang takot ko sahil sa pag-aalala pero mukang nagkamali ako. Kanina kasi hindi ko na pinansin ang damit nila Aries at Percy. Puro talsik lang kasi ang nasa damit nila kaya hindi ko agad kinatakutan. Pero yung kay Yuri.... sobrang dami.

Nakangiti akong sinalubong ni Yuri pero ng mapansin nyang nakatitig ako sa suot nya. Huminto kagad sya.

**"S-sayo ba y-yang dugo?"** Nag-aalala kong tanong pero bakas pa rin ang takot.

**"No, it's not mine."** Sagot nya at hinubad ang polo pero nasa pati panloob nyang tshirt meron ding dugo.

Nagkatinginan kaming dalawa. Pareho naming hindi alam kung anong dapat sabihin at dapat gawin. Alam naman kasi nya yung problema ko tuwing nakaka-kita ng dugo.

**"G-gusto sana kitang y-yakapin."** Sabi ko habang umiiwas ng tingin. **"...nag-alala k-kasi ako sayo."**

Napaiwas din sya ng tingin. **"G-gusto ko din yon."**

*Eh pano nga?*

Sandali nyang tinignan ang damit at parang merong pumasok na ideya sa isip nya. Binitiwan nya ang polo at hinubad ang tshirt.

Nanlaki ang mata ko. Topless ang Gago. Ang masama pa nito, na-istak na ang mata ko sa katawan nya. Ilang beses ko ng nakita ang katawan nya pero ewan ko ba. Parang bago ng bago sakin.

*Pengeng palaman please!*

Wala na kong narinig na salita mula sa kanya. Mabilis at malalaki ang hakbang nya palapit sakin. Para bang nagmamadali at meron syang hinahabol na oras.

Isang kurap lang at nakasubsob na agad ako sa dibdib nya. Mahigpit na nakabalot sakin ang bisig nya.

**"Please ignore the fact that I'm topless."** Sabi nya.

Panu ko babaliwalain? Ang enet ng katawan nya. Pero hindi naman yun yung mahalaga. Gusto ko lang maramdaman na nya na nag-alala ako sa kanya at alam kong ganun din sya.

**"Currently ignoring."** Sagot ko at bahagya syang natawa. **"...bakit ang tagal nyo? Kanina pa nakabalik sila Percy at Aries."**

**"Sorry, kailangan ko kasing tumawag sa embassy namin at pati na rin kay *Otosan*."**

**"Tinakot nyo ko."** Sabi ko at yumakap ng mahigpit sa kanya.

Hindi na sya nagsalita pero naramdaman ko ang paghalik nya sa noo ko. Ewan ko pero parang kakaiba na yung yakap nya sakin. Parang bang meron syang nararamdaman na takot.

Tatanungin ko na sana pero epal tong mga Ulupong na to. Bigla nalang silang sumigaw ng kung ano-ano.

"*Ang laswa naman!*"

"*Maraming inosente dito!*"

"*Grabe! Mahiya naman kayo!*"

"*Ang halay nitong dalawa na to!*"

"*Wag mo sila tignan Mica!*"

Wala naman sana kaming balak pansinin sila pero bigla nalang tumayo si Ci-N malapit samin. Nanlalaki pa ang mata nya habang nakaturo sa parehong pinang-galingan nila Percy, Aries at Yuri.

**"Si Keifer! Si Keifer!"** Sigaw nya at mabilis pa sa segundo kaming naglayo ni Yuri.

Sabay din naming tinignan ang tinuro nya. At halos mapasigaw ako.....*kingina!*

Wala namang tao don sa tinuro nya! Hayop! Muntik ng malaglag ang puso ko sa takot—at bakit naman ako matatakot? Eh sya tong may kasalanang matindi sakin.

*Oo nga! Oo nga!*

Agad kong hinarap ang batang kumag pero mabilis ng nakatakas ang Ulupong. Nagawa pa nyang tumawa ng malakas kasabay ng mga kapwa nya.

**"Isa ka pa! Pagbubuhulin ko kayo ni Percy!"**

Speaking of Keifer. Bakit nga pala wala pa sya?

**"Yuri..."** Tawag ko sa kanya na kasalukuyang dinadampot ang mga damit nya. **"...may nangyari ba kay Keifer? Bakit wala pa sya?"**

Hindi man lang tumingin sakin si Yuri. Lumapit sya sakin habang hawak ang mga damit. Tinapik nya ko sa balikat habang may malungkot na mga mata.

**"B-baka may kinausap lang. Kaunting antay lang."** Sabi nya at nagpilit ng ngiti.

Gusto ko pa sanang magtanong sa kanya pero nilagpasan na nya ko. Halatang ayaw na nyang makipag-usap pa.

Hindi ko alam kung hihingi ba ko ng tawad sa kanya. Alam ko kasing nasaktan ko sya. Pero kapag ginawa ko yun parang inamin ko na rin na sinasadya ko yun.

Pinili ko nalang tumahimik. Ayoko ng dagdagan ang sama ng loob nya. Ayoko ding masaktan pa sya lalo.

Nag-aalala ako kay Keifer pero mas nangingibaw sakin si Yuri ngayon. Masyado na syang maraming sina-kripisyo para sakin. Masyado na syang nasasaktan.

*Kailangan kong masiguro na okay sya.*

Sa medyo malayo sa mga Ulupong tumigil si Yuri para magbihis. Naglakad ako palapit sa kanya pero hindi pa nakakalayo ng marinig ko ang pangalan ng taong kanina ko pa rin hinihintay.

"*Si Keifer....*"

Akala ko nung una pinagti-tripan na naman nila ko pero ng makarinig ako ng yabag ng sapatos napatigil ako. Mabagal lang ang bawat hakbang pero mabigat.

Unti-unti akong lumingon. Parang sumabay ang tibok ng puso ko sa bawat hakbang nya. Nawala na sa isip ko ang balak ko gawin.

Sa hindi kalayuan suot na ang coat nya, wala man lang bakas ng dugo ang luko. Nakabalot ang necktie sa kamao sa kanang kamay nya na mukang ginamit nyang panuntok.

Ganun pa din naman ang ayos ng muka nya. Parang hindi naman sya nakipag-away.

Eto na naman ako. Kakaiba na naman ang nararamdaman ko. Bakit ba ko nagkakaganito tuwing nakikita sya? Hindi naman ako ganito dati. Gusto kong maiyak pero gusto ko ding sumaya dahil kaharap ko na sya. Gusto ko syang yakapin pero gusto ko din syang sapakin.

*Masisiraan na yata ako ng ulo ng dahil sa lalaking to!*

**"Keifer..."** Tawag ni Ci-N sa kanya habang sinasalubong sya.

Huminto si Keifer sa kaninang kinatatayuan ko kung saan ko sila hinihintay. Meron silang pinag-uusapan na hindi namin marinig.

Tumingin sya sandali sakin pero wala man lang syang naging reaksyon. Parang may tumusok sa puso ko.

*Hudas ka talagang animal ka!*

Natapos ang usapan nila ni Ci at naglakad na naman sya pero papunta na sa labasan kung saan dumaan sila Freya kanina. Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko.

Hangang sa dumaan sya sa harapan ko at lagpasan ako. Wala man lang sulyap?! Nilagpasan na parang hindi nya ko kilala.

*Tang'na! Multo na lang ba ko at hindi nya nakita?!*

**"Ay... Di-nedma si Jay-jay."** Sabi ni Drew na nagpataas ng kilay ko.

Parang feel kong manapak. Kung hindi ba naman. Alam ko! Alam kong hindi ako pinansin. Hindi na kailangan pang ipamuka. Kulang nalang pa-tarpauline pa ng Gago at itapal sa muka ko.

Napairap nalang ako kay Drew. Tanging mga mata ko nalang ang sumunod sa Hari ng mga Ulupong. Yun nalang ang kaya kong gawin. Hindi ko na sya kaya'ng habulin.

Pero mabilis na nagbago ang isip ko nang makita ako ang ginawa nya ng dumaan sya sa harap nila Aries at Ella. Lumingon sya, sinilayan nya! Tinignan nya si Ella Dianne.

*Tinignan nya! Tinignan nya oh! Tinignan!*

TINIGNAN NYA YUNG EX-GIRLFRIEND NYA! Woah! Ginagalit ako ng putang'nang to! Ako nilagpasan lang pero yung ex tinignan. Ano na?! May nagaganap bang hindi ko alam?!

Ako hindi ako selosa'ng tao. Hindi ako mabilis magselos. Hindi talaga. Hindi. HINDI! Bakit ako magse-selos? May kaselos-selos ba? Meron ba? MERON BA?! Lumingon lang naman! Lumingon sa Ex pero ako tong matay nyang pangakuan at sabihan ng mahal nya nilagpasan lang.

**"Ayos ka lang Jay? Nata-tae ka ba?"** Tanong ni Eren na habang pinag-mamasdan ang muka ko.

Wala akong paki sa sinasabi nya sakin. Naiinis ako eh! Naiinis ako kasi hindi naman dapat ako naiinis pero naiinis ako. Ang lakas maka-Gago non.

Kapag kasi Ex na hindi na dapat pinag-seselosan yan. Tapos na kasi, wala na eh. Ex na nga diba? Yung salitang *Ex* kasi ginagamit pang specify ng *DATING* position or lugar. Kaya wala na dapat pang problemahin.

*EH NILINGON!*

TANG'NA! NILINGON PRE! Ibang usapan na yan! Ex na nga diba? Kaya bakit lilingunin pa. Baka gusto'ng hindi na makalingon habang buhay. Baliin ko na kaya leeg nito?

**"Pisti ka talaga..."** Bulong ko.

Sa sobrang inis ko na talaga, hinubad ko ang sapatos ko at binato sa kanya. Sapul yon sa likod nya dahilan para huminto sya sa paglalakad.

**"Jay!"** Sita sakin ni Yuri.

Hindi ko sya pinansin at kinuha pa ang isang sapatos ko para ibato ulit. Sapul naman yun sa ulo nya dahilan naman para mapayuko sya.

Huli ko na napansin na lahat sila nakatingin sakin. Pati si Aries na salubong na salubong ang kilay. Si Percy na na-tanga nalang sa ginawa ko.

**"Ay Jay... Magka-iba medyas mo!"** Puna ni Ci habang natatawa.

*Ay...wow! Thank you for mentioning!*

Lahat sila nakatingin na ngayon sa medyas ko na magka-iba. Isang kulay puti at isang kulay itim. Sumisilip na rin ang hinliliit ko sa kanang paa. Malay ko bang butas pala yon.

Inalis ko nalang din pareho ang medyas ko kesa naman maging tampulan pa ng tukso sakin. Binato ko din yon sa Hari nila.

**"Yan! Kainin mo!"** Sigaw ko sa kanya. **"...bwisit ka! Magpapakita tapos ganun nalang? Walang pansinan!"**

Unti-unti syang dumiretso ng tayo. Malalim ang naging buntong hininga nya. Humarap sya sakin na may seryoso'ng mga mata. Wala naman akong nababakas na galit.

*Wala syang K na magalit sakin!*

Nagawa pa nyang pulutin ang mga sapatos at medyas ko. Inabot nya yon kay Felix na pinaka-malapit sa kanya.

**"Done?"** Tanong nya na walang halong emosyon.

Hindi ako nakasagot. Para akong napahiya sa isang salita na yon. Lalong nag-init ang ulo ko sa kanya. Gusto'ng-gusto ko na syang sugurin pero ayaw naman humakbang ng mga paa ko.

**"...Kung tapos kana aalis na ko."** Dagdag nya at tangkang tatalikod sakin.

*Ay punyeta ka talaga!*

**"Dyan ka magaling! Tumalikod at umalis!"** Sigaw ko at huminto sya. **"...Sige na! Alis na! Yan lang naman kaya mo! Kasuntukan mo nga lang kaya mong harapin!"**

**"J-jay... Tama na."** Dinig kong awat ni Rory.

**"Hayaan mo muna si Keifer baka may importanteng aasikasuhin lang."** Dagdag ni Denzel.

**"Talaga ba?!"** Sarcastic na sagot ko. **"...aasikasuhin? O tatakasan?"**

Tinignan na naman nya ko pero sa pagkakataon na to may emosyon na kong nakikita sa kanya. Hindi ko masabi kung ano pero alam kong hindi sya natutuwa sa mga sinasabi ko.

Kahit ganun, nagpatuloy pa rin ako sa pagsasalita.

**"...hindi mo pa nga ako hinaharap tungkol sa mga kalokohan mo sakin! Tapos aalis ka na naman? Ano? Ganun na naman? Maghihintay na naman ako? Hanep yan!"**

**"Hindi siguro to ang magandang oras para pag-usapan yan."** Seryosong sabi ni Percy na pinagtaka ko.

Minsan lang magseryoso yan at madalas hindi pa maganda ang dahilan. Kahit ganun pinili kong hindi nalang sya pansinin at harapin pa rin ang Demunyung Hari.

**"Kung aalis ka, umalis ka na."** Mahinong sabi ko. **"...pero hindi ko mapapangako na may babalikan ka pa."**

*Dahil hindi ko alam kung kaya ko pa.*

**"Done?"** Tanong na naman nya na mas lalo kong kina-irita pero sa halip na murahin sya, tanging pagtango nalang ang nagawa ko.

Akala ko aalis na sya. Akala ko tatalikod na sya para iwanan na naman ako. Pero nagkamali ako.

Parang may kung anong pumitik sa utak nya. Malalaki ang hakbang palapit sakin at seryoso'ng-seryoso. Hahakbang pa sana ako paatras pero nahawakan agad ng dalawang kamay nya sa muka ko.

**"You talk to much."** Sabi nya at mabilis na pinagtagpo ang mga labi namin.

Narinig ko ang pag-re-react ng mga Ulupong at iba pang nakaka-kita samin. Pero wala ng ibang pumapasok sa isip ko. Ang alam ko lang, kasama ko sya. Oras namin to at samin lang ang pagkakataon na to.

*Walang E-EKSENA!*

Pero panandalian lang pala ang lahat. Unti-unti kong naramdaman ang pagbigat ng katawan ni Keifer. Wala pang segundo at kusang bumagsak ang katawan nya sakin. Dahil na rin sa sobrang bigat nya kusa kaming bumagsak sa sahig.

**"KEIFER!"** Malakas na sigaw ko.

*May hindi tama! Bakit ganito?*

Agad na nagtakabuhan ang mga Ulupong palapit samin. Sinubukan nilang iangat si Keifer para maka-alis ako. Agad ko syang tinignan ng maka-kilos ako ng maayos.

Wala syang malay, putlang-putla ang mga labi. Hindi ko maintindihan! Maayos naman syang naglalakad kanina.

**"Keifer! A-anung nangyayari? Dumilat ka!"** Sabi ko habang tinatapik ang pisngi nya.

*Tang'na ka! Hindi pa kita nasisingil!*

**"Padaanin nyo ko!"** Boses ni Yuri habang tinataboy ang mga Ulupong na nakaharang.

Lumuhod sya sa harap ni Keifer at pilit syang pinadapa. Nagtataka man hinayaan ko nalang sya dahil baka mas alam nya ang dapat gawin.

Tinaas ni Yuri ng coat nya at napatigil ako ng makita ang dahilan ng lahat. Umaagos ang dugo mula sa likod nya. Buong akala ko wala syang galos o sugat sa nangyari kanina, pero mukang sinadya nya to para hindi namin malaman.

Sinira nila ang damit ni Keifer at dalawang tila butas sa balat nya ang bumungad samin. Umaagos ang dugo na parang tagas sa tobo ng gripo.

**"Ci-N!"** Tawag ni Yuri. **"...Anong gagawin ko?"**

Tarantang lumapit si Ci sa kanya. **"P-pressure... Kailangan p-pigilan ang pagdurugo!"**

Hinubad ni Yuri at Ci ang parehong polo nila at binalunbon yon. Sabay nilang diniin sa sugat ni Keifer yon.

**"Someone call an ambulance!"** Sigaw ni David.

**"Ginagawa ko na!"** Sagot ni Percy.

Habang abala sila sa pagtulong sa duguang Hari, eto ako at hindi makagalaw. Nakatingin lang sa mga kamay ko na hindi ko namalayan na nalagyan pala ng dugo. Sariwa'ng-sariwa at nalalanghap ko pa ang malansang amoy nito.

*Gumalaw ka! Kailanga ka ni Keifer!*

Hindi ko kaya. Nahihilo ako, parang babaliktad ang sikmura ko. Sobrang dami ng dugo pakiramdam ko may mamamatay. Ayoko ng ganitong pakiramdam. Ayaw mawala ng pangi-nginig ko na hangang kaloob-looban ko na yata.

**"JAY! ANONG GINAGAWA MO!"** Galit na sigaw sakin ni Yuri.
**"...Tulungan mo kami dito!"**

Sunod-sunod akong napa-iling. **"H-hindi ko k-kaya... I-ilayo nyo sya s-sakin."**

Ramdam ko ang pagtingin ng lahat sakin. Puno ng pagtataka at panghuhusga.

**"...n-nakiki-usap a-ako."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 260

**A/N:** Meron pa isa. Bukas nalang siguro yon.

**Pay him a visit**

***Jay-jay's POV***

Hindi ako nagbago. Hindi ako nawalan ng malay. Hindi ako nanakit ng hindi ko alam. Pero bakit?

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Kuya Angelo.

*Ay palaka!*

Hindi ko namalayan ang pagdating nya. Akala ko isa lang sya sa mga nurse at doctor na labas masok sa kwarto namin.

**"Ha?"** Ang tanging nasagot ko sa kanya.

**"Where is Aries?"** Tanong nya habang binaba ang dala nyang briefcase sa sofa malapit sa kama ni Aries.

**"S-sa canteen. Kasama si Ella."**

Naglakad si Kuya palapit sakin at naupo sa kama ni Aries na katabi lang ng kama ko. Muka na naman syang pagod na pagod sa trabaho.

*Pero syempre gwapo pa rin.*

**"Sorry Jay... Hindi kita nabantayan ng maayos kaya nangyari to."**

Mabilis akong umiling. **"W-wala kang kasalanan. Yung Sato ang may gawa nito kaya andito kami ngayon sa ospital."**

Kahit kung tutuusin hindi naman dapat kami na-confine. Mapilit lang talaga tong sa Kuya. Nang makita nya ang parehong itsura namin ni Aries kulang nalang ipa-ICU nya kami.

Kaya si Kuya nga ang may kasalanan kung bakit kami nasa Ospital. *Mind blowing!*

**"Bakit pumunta ka dito? Pwede ka namang umuwi na muna."** Sabi ko ng mapansin ko ang pagpisil nya sa sintido nya.

**"Yung Sato..."** Panimula nya. **"...ka-kilala pala ni Tiger."**

*Anak nang... Si PPAP?!*

Nanlaki ang mata ko sa sinabi nya. Yung lukong yon na may-ari ng Kingsground. Gagawin kong itim ang dilaw nyang buhok.

**"P-panung?"**

**"Maraming kilala ang luko na yon. Hindi na ko magtataka kung magkakilala sila."** Napabuntong hininga sya.

Kakilala? Eh hindi nga makatanda ng pangalan ang maayos ang ugok na yon. Kinain na ata ng kabaduyan nya ang utak nya.

Pinagmasdan ko ang tila problemadong muka ni Kuya. Para bang meron syang iniisip na malalim. Para bang nagpipigil ng utot o dighay.

**"M-may problema ba?"**

Umiling sya at nagpilit ng ngiti sakin. **"Nothing serious."**

Hindi ako kumbinsido sa sagot nya. Pakiramdam ko may malalim na problema. Kinakabahan ako. Baka kung ano naman ang ka-abang-abang na magaganap sa buhay ko.

*Shit! Baka nanalo ako sa lotto ng hindi tumataya!*

**"Kuya... Yung totoo? Pinapakaba mo ko."**

Tinignan nya ko ng seryoso at dun ko napagtanto na mukang may hindi magandang tumatakbo sa isip nya.

**"Iniisip ko kung pano ko babasagin ang bungo nya."** Seryoso'ng sabi nya. **"...sya nagbigay ng information kay Sato tungkol sa inyo."**

*Tarantado!*

Napakurap-kurap ako. **"Ilabas mo na ko dito. Please lang."**

**"Why?"** Pagtataka nya.

**"Ako babasag sa bungo ng lintik na Tiger na yon! Traydor ang hayop!"** Inis na sabi ko.

Napailing si Kuya. **"Hindi sya traydor."**

**"Anong hindi? Eh sya nga tong nagbigay ng info tungkol samin!"**

Kaya yata nadamay sila Rakki at iba pa kahit hindi naman talaga kailangan. Baka kung anong sinabi nya sa Sato na yon. Syempre bugok tong isa kaya naniwala naman.

*Sumalangit nawa!*

**"Tiger is talkative. He's like a walking newspaper. Sa tingin ko, naidaldal nya kayo ng hindi sadya."** Paliwanag ni Kuya.

Kahit hindi sadya hindi pa rin dapat sya nagbibigay ng info ng ganun. Panu kung sa susunod si Kamatayan na talaga ang magtanong sa kanya. Baka yun pa ang maging mitsa ng buhay namin.

**"Sasampalin ko pa rin sya!"**

**"Ako na gagawa para sayo."** Sagot nya.

**"*Haizt*!"** Sigaw ko habang ginugulo ang buhok ko dahil sa inis.

Consistent naman ang Sato sa pagkuha ng info tungkol samin. Kaya pala parang alam na alam ng Gago ang dapat gawin. Kaya pala parang alam nya lahat ng pwede naming puntahan.

**"I heard what happened to you."** Biglang sabi nya dahilan para matigilan ako.

**"A-ang alin?"**

**"Nataranta ka na naman nung nakakita ka ng dugo."**

Umiwas ako ng tingin. Ayokong pag-usapan. Kahit si Aries kinukulit din ako tungkol don pero pinili ko lang na wag syang sagutin.

Mukang nahalata naman ni Kuya ang ginagawa ko. Malalim na buntong hininga ang pinakawalan nya.

Tumayo sya at naglakad palapit sa pinto. **"Puntahan ko lang sila Aries."**

**"S-sige."**

Tanging pagsara nalang ng pinto ang narinig ko. Pabagsak akong nahiga sa kama at tinitigan ang kisame.

Nakaginhawa ako na hindi ako nagbago matapos makakita ng dugo. Pero bakit? Yun ang tanong na umiikot sa isip ko matapos kaming pare-parehong isugod sa Ospital.

Nung oras na yon, gusto kong lumayo sa kanila'ng lahat. Sa kanya....*kay Keifer.* Gusto ko talaga syang tulungan. Gusto kong gawin ang ginagawa nila Yuri pero nanaig sakin yung takot. Yung takot sa dugo at yung takot na baka magdilim ang paningin ko at may magawa ako na hindi ko alam.

Napatagilid ako ng higa. Nahihiya ako sa kanya. Matapos nya kong iligtas yun pa ang gagawin ko sa kanya.

*Ang kapal ng muka ko.*

Hindi na ko nahiya sa kanya. Nabaril sya ng dahil sa pagliligtas nya samin tapos yun ang magiging asta ko. Kaya wala na sakin ang panghuhusga ng mga Ulupong. Karapatan nila yon at deserve ko naman.

Kahit nag-aalala ako sa kanya at gusto'ng gusto ko syang makita minabuti kong wag nalang. Dito nalang siguro ako sa kwarto namin at makikibalita nalang.

**"Psst!"** Paswit ng kung sino.

Nanigas ako sa kinahihigaan ko. Walang ibang tao sa kwarto kundi ako. Kaka-alis nga lang ni Kuya Angelo. Kaya walang taong pwedeng pumaswit dito.

**"Psst! Jay-jay."** Pabulong pang tawag nito sa pangalan ko.

Napakapit ako sa kumot na nakabalot sakin hangang tyan. Jusko! Kaya ayokong tumatambay sa ospital dahil sa mga gantong pangyayari.

Hangang sa nakaramdam ako ng presensya ng kung sino sa likod ko. Lumapit na sakin yung ako namang paswit ng paswit na yon. Napapikit ako ng matindi!

*Punyeta ka! Wag ka na magpakita sakin!*

Bigla nalang may humampas sa braso ko. Napasigaw ako ng malakas at muntik ng napatalon sa kinahihigaan.

**"LUMAYO KA SAKIN! MULTO!"** Sigaw ko habang nagpapa-pasag.

**"Multo ka dyan!"** Sabi ng pamilyar na boses kaya tumigil ako tinignan sya.

*Mas tamang sabihing SILA.*

Nakangiti ng malapad sa tabi ko ang Batang Kumag. Kasama nya si Felix na nakatayo sa hindi kalayuan at syempre ang kapatid nyang may tangay laging aircon.

**"Hindi mo ba narinig pagkatok namin at pagbukas ng pinto?"** Tanong ni Felix habang natatawa.

**"Syempre hindi. Wala sa sarili eh."** Si Percy na ang sumagot para sakin.

Lumapit sya sa kama ni Aries at nahiga. Wag lang syang abutan ng Horoscope at baka tamaan sya. Umupo naman sa tabi ko si Ci kaya naupo na rin ako.

**"Akala ko tulog ka."** Sabi nya.

**"Hindi nga ako makatulog dito. Gusto ko na umuwi."** Reklamo ko. **"...bakit nga pala kayo nandito?"**

Nagtinginan ang tatlo bago ako muling harapin at sagutin.

**"Gising na sya."** Nakangiting sabi ni Ci. **"...Hinahanap ka nya."**

Napaiwas ako ng tingin. Masaya akong malaman na gising na sya pero hindi ko sya kayang harapin. Hindi na siguro.

**"P-paki sabi nalang na nagpapahinga ako."** Sabi ko sa kanila.

**"Hindi pwede!"** Mabilis na sagot ni Felix.

Pinagtaasan ko sya ng kilay.

**"Pinapa-sundo ka nya."** Boring na sabi ni Percy habang naka-pikit. **"...kung hindi ka daw pupunta don, sya pupunta dito."**

*Ang tigas talaga ng ulo ng isang yon.*

**"Kaya sumama ka na! Pinag-dala ka namin ng wheelchair."** Nakangiting sabi ni Ci habang nakaturo sa tabi ni Felix.

Nagsalubong ang kilay ko. **"Ano ako? Lumpo!"**

**"Dapat kasi maingat ka naming madala sa kanya."** Sabi ni Felix.

**"Sabi sa inyo balutan nalang natin sya ng bubble wrap."** Si Percy habang nagkakamot ng paa sabay amoy sa daliri nya.

*Kadiri naman to!*

**"Tapos lagay na rin natin sa balik bayan box. Talino!"** Sarcastic na sabi ni Ci sa kanya.

Natampal ko nalang ang noo ko. Alam ko na kasi kung saan papunta ang usapan nila. Maging si Felix napabuntong hininga nalang.

**"At least ako may ideya sa salitang ingatan. Eh ikaw? Wheelchair? Ginawa mo pang lumpo si Jay-jay!"** Inis na sabi ni Percy habang nakaturo kay Ci.

**"Kesa naman sayo, O.A! Ginawa mong bagahe si Jay-jay!"** Hindi magpapatalo tong Batang Kumag.

Parang batang malapit ng matalo sa away si Percy. Tumayo pa sya mula sa pagsalampak sa kama at dinuro-duro si Ci.

**"I-ikaw!"** Inis na sabi nya pero wala ng maiduktong. **"...PANDAK!"**

*At nagka-personalan na nga!*

Kita ko ang panlalaki ng butas ng ilong ni Ci. Mukang napikon na rin sa sinabi ni Percy. Tumayo sya ng maayos para lang makabwelta sa kaaway.

**"SUPOT!"** Ganti nya.

Bigla nalang hinawakan ni Percy ang sinturon nya at akmang tatanggalin.

**"Gusto mo magpakitaan tayo dito?!"** Hamon nya.

Mabilis kong dinampot ang unan ko para takpan ang mga mata ko at agad naman syang sinita ni Felix.

**"Oy! Oy! Oy! Sira ba ulo mo?! May babae dito!"** Sigaw nya kay Percy.

**"Eto kasi!"** Parang batang turo nya kay Ci at inayos ang sinturon nya sa pagkakasuot. **"...maka-supot ka dyan!"** Dagdag nya habang nakatingin ng masama sa Batang Kumag. **"Kung tutuusin ikaw nga ang supot dahil hindi ka pa rin tumatangkad."**

**"15 pa lang kaya ako!"**

**"Hoy! Hindi ako ganyan nung 15 ako!"**

**"Oo nga, balita ko nga ikaw pinaka-maliit sa inyo."** Singit ni Felix habang nakatawa.

**"Matangkad na ko non!"** Dipensa nya.

Napailing nalang ako sa kanilang tatlo. Ayaw talaga nila magpa-awat. Nagsimula sa lintik na panunundo sakin tapos nauwi sa patangkaran. Sumasakit ang ulo ko sa kanila.

*Mga baliw!*

**"Pwedeng dun nalang kayo sa labas magtalo? Nahihilo ako sa inyo."** Sabi ko at sabay-sabay naman silang tumingin sakin.

**"Tatawag na ba ko ng doctor?"** Tarantang tanong ni Percy.

Inirapan ko naman sya. **"Lumabas nalang kayo, mas magiging okay pa ko."**

**"Panu si Keifer?"** Tanong ng Batang Kumag.

**"Sabihin mo nalang pupunta ako mamaya kapag naging okay na ko."** *Kapag kaya ko na syang harapin.*

**"S-sige. Pahinga ka muna."** Sagot nya at naglakad na palabas kasunod si Felix at Percy.

*Sa wakas! Natahimik na ulit ako!*

Inayos ko ang unan ko at nahiga ulit. Balak ko sanang matulog ulit pero nararamdaman ko ang pagkalam ng tyan ko. Nagugutom na ko, hindi magandang senyales yon.

Ang tagal naman kasi kila Aries, ang usapan ibibili nila ko ng pagkain. Hangang ngayon wala pa rin. Pinuntahan na sila ni Kuya pero pati sya wala pa rin.

Narinig ko ang ang pagtunog ng cellphone ko na nasa bedside table. Nahanap na, salamat sa mga Ulupong. Napulot daw nila sa School ground kung saan kami nagkabungguan ni Freya. Kinuha ko yon at bumungad ang pangalan ng *GagongBaliw.*

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Can't wait to be with you!*

Eto na naman sya. Ang tyaga pa rin nyang magtext kahit hindi ko naman sya ni-re-replyan. Pinag-masdan kong mabuti yung text nya binalikan ko din yung mga dating conversation namin.

Sa bawat mensahe nya, sumasampal talaga sakin na si Keifer sya. Pero pano mangyayari yon? Nung birthday nya, may picture sya mula sa GagongBaliw na to.

May isang paraan pa ko kung panu malalaman kung sino ka. Pero malaki ang magiging kapalit non. Malaking halaga ng Load.

*Saan kaya ako pwede magpa-load?*

Tinignan ko muna yung Balance Inquiry, nagbabakasali na may Load ako kahit piso. Itetext ko nalang si Kuya na ipaLoad ako.

Habang naghihintay bigla nalang bumukas ng pabalibag ang pinto. Daig pa may kaaway sa ginawa nya. Napa-igtad ako sa gulat at muntik ko pang mabitawan ang cellphone ko.

**"Anak nang..."** Pabulong kong sabi habang hinihintay magpakita ang walanghiya'ng nagbalibag sa pinto.

At hindi naman ako naghintay ng matagal dahil lumitaw ang.....*Bubuyog!*

**"Asan si Percy?!"** Galit na tanong nya habang tuloy-tuloy sa pagpasok.

Hindi na nya hinintay ang sagot ko. Tinignan agad nya ang paligid at binuksan din ang pinto ng banyo. Ano na naman kaya ito?

**"Asan ang Percy na yon?!"** Tanong nya sakin habang palapit.

Napataas ang kilay ko dahil sa suot nya. Naka-trench coat ang Gaga habang hawak ang malaki at mamahalin nyang bag. Malamig ba sa Pinas? Malakas ba ulan?

**"H-hindi ko alam. Bakit ganyan ang suot mo?"** Sabay turo sa suot nya.

Hinigpitan nya ang pagkakatali nung belt sabay irap sakin.

*Problema ba nito? Sabunutan ko kaya!*

**"Bwisit kasing Percy yon! Sinuot ko pa naman ang favorite costume ko para sa kanya tapos tinaguan na naman ako!"** Sabi nya na parang malapit ng umiyak.

Medyo nakaramdam naman ako ng awa. Panay nga naman kasia ang effort nya para kay Percy pero panay din naman syang tinataguan.

Sira-ulo din naman kasi ang isang yon. Kausapin nalang kasi nya ng masinsinan tong isa ng hindi na sila naghahabulan at nagtataguan.

**"Bakit ka pa nag-costume? Baliw ka ba?"**

Inirapan na naman nya ko. **"Malamang para kay Percy."**

Bahagya akong umubo at nagseryoso. Kung hindi kayang gawin ni Percy ako nalang ang gagawa para sa kanya. Nakaka-awa din kaya si Honey.

**"Alam mo... Kung ako sayo tigilan mo na si Percy. Kinakawawa ka lang nya, hindi mo ba napapansin?"**

Agad nya kong tinignan ng masama pero hindi naman sya nagsasalita. Nagpatuloy ako.

**"Hindi tayo magkaibigan at hindi rin dapat ako nakiki-alam sayo. Pero kasi nagmumuka ka ng ewan sa harap namin. Pinagtatawanan ka nalang ng iba. Sayang yung ganda mo kung ipag-papatuloy mo yan."**

*Pero syempre mas maganda ako!*

Hindi pa rin nya inaalis ng tingin nya sakin. Hangang sa napansin ko ang pagtulo ng luha sa isang mata nya. Mabilis naman nyang pinunasan yun.

**"Kainis kasi!"** Sabi nya at padabog na naupo sa kama ni Aries. **"...Gusto ko kasi talaga sya. Minsan lang ako magka-gusto sa isang tao."** Parang batang sabi nya. **"Hindi ko talaga ugaling gawin to! Sa kanya ko lang ginawa to!"**

Binaba nya ang malaking bag sa tabi at merong kinuha don. Puting tshirt at short short.

Tinignan ko yung pinto ng kwarto at buti nalang na nakasara na yon. Hinubad nya ang suot na coat at nakita ko ang talagang suot nya.

*Naka-bunny costume ang Gaga.*

Bakit parang pamilyar to sakin tong suot nya? Napaisip ako sandali.

Bunny? Bunny? Bunny?! BUNNY?!

Putang'na! Nung Halloween party last year. Dun ko nga pala sya unang nakita! Hindi dun sa dinner nung birthday ng girlfriend ni Keigan.

Pero teka, meron akong biglang naalala.

**"Honey..."** Tawag ko sa kanya habang pilit nyang inaabot ang zipper ng suot na damit. **"...Naalala mo nung nagkita tayo nung Halloween Party, last year?"**

Tinignan nya ko sandali. **"Nagkita ba tayo non?"**

**"Oo... Tapos nung sunod nating pagkikita sa Dinner na nung birthday ng girlfriend ni Keigan."**

**"Oo, yung sinuntok mo ko! Muntik pa kong tumakbo sa plastic surgeon non."**

Pilit pa rin nyang inaabot ang zipper ng suot na damit.

**"Bakit nung nagkita tayo non, umasta ka na hindi kayo magkakilala? Eh sabi mo sa kanya ka nagta-trabaho."**

Huminto sya sa ginagawa at nagbuntong hininga. **"Utos nya. He told me never to greet him in public. Maybe because of this costume or whatsoever."** Sinubukan ulit nyang abutin ang zipper. **"...Ang O.A. kasi nya, kala mo naman type ko sya. Ayoko nga sa masungit na kagaya nya."**

Kaya pala parang wala lang sa kanya nung nilandi sya nitong Honey sa harapan ko. Galawang abnormal talaga ang isang yon. Paiba-iba ang takbo ng isip.

*Kaya pala. Puro kalokohan talaga ang hayop na yon.*

**"Paki-tanggal mo nga to!"** Utos sakin ni Honey.

Sa wakas humingi din ng tulong. Ako yung nahihirapan sa ginagawa nya. Gusto'ng-gusto ko ng abutin yung zipper ng damit nya kaso baka magalit naman sya sakin.

Akmang aabutin ko na yon ng biglang bumukas ang pinto at tuloy-tuloy na pumasok si Kuya Angelo.

**"Jay-jay, kumain ka na—."** Napahinto sya ng makita si Honey. **"...Sorry."**

**"Angelo... Nice to see you again."** Nakangiting bati naman nitong Bubuyog sa kanya.

**"H-hi."** Naiilang na bati ni Kuya.

Pilit nyang nililipat ang tingin sakin pero automatic naman ang mga mata nya sa pagbalik sa katawan ni Honey.

Nagsalubong ang kilay ko. Ibang klase talaga ang mga lalaki. Walang patawad kahit si Kuya.

*Mga lalaki talaga!*

**"Pagkain ko!"** Inis na sabi ko.

Inabot naman nya yung paper bag sakin at agad na bumalik sa kinatatayuan nya kanina.

**"S-sa labas muna ko."** Sabi nya at mabilis na naglakad palabas.

Napatingin naman ako kay Honey na abot hangang tenga ang ngiti. Para ba syang kinikilig na hindi maintindihan. Eto na naman po sya! Mukang may bago na namang target.

**"Why do I have this weird feeling?"** Sabi nya at napataas naman ang isang kilay ko sa kanya. **"...Pag tinitignan ko si Angelo, parang nakikita ko si Keifer. Lalo na nung birthday party ni Keifer. Para silang magkapatid."**

*Natural lang yon, lagi sila magkasama dati.*

**"Pati naman sila Yuri at Aries may pagkakahawig sa kilos ni Kuya Angelo."**

Tinignan nya ko na parang nag-iisip. **"You don't get it. Keifer has this intimidating aura that I also feel everytime I see Angelo. Para silang connected."**

Napaisip ako, meron ngang time na parang si Kuya si Keifer. Pero nakikita ko din yon kay Aries at Yuri. Minsan pati kay Percy pero hindi palagi.

**"Baka guni-guni mo lang yon."** Sabi ko.

**"Alam mo, papasa syang kapatid ng tatlo. Nila Keifer, Keigan at Keiren. Tapos may hawig pa. Hindi kaya sya yung nawawalang kapatid nila."**

*Sasapakin ko tong babae na to! Kung ano-anong pumapasok sa isip.*

**"Muka bang nawawalan ng kapatid sila Keifer?"** Sarcastic na sabi ko.

**"Whatever. Paki-tanggal na."** Utos nya sabay talikod.

Ginawa ko ang inutos nya, malapit na ko sa pinaka-dulo ng muling bumukas ang pinto. Akala ko si Kuya Angelo ulit pero ibang tao ang bumungad samin.

**"What are you doing here?!"** Inis na tanong ni Honey kay Felix na nakatingin sa kanya mula ulo hangang paa.

**"Bakit ganyan ang suot mo?!"** Inis na balik nyang tanong sabay sara ng pinto.

Agad syang lumapit kay Honey at kinuha ang Trench coat sa kama. Sinuot nyang pilit yon.

**"Magtakip ka nga! Nakakahiya ka!"** Dagdag pa nya.

**"Ano ba?! Nagbibihis ako!"** Suway ni Honey.

**"Dun ka na magbihis! Gusto ko yang suot mo—*este* nakakahiya kila Jay-jay! Baka dumating kapatid nya!"** Sabi nya habang patuloy sa pagsuot ng coat.

*Ene dew?*

Wala namang nagawa ang Honey ng damputin ni Felix ang mga damit nya pati narin ang bag nya. Hinawakan din nito ang kamay nya at pilit syang hinatak palabas.

**"Problema mo ba? Let me go!"** Pagpupumiglas nya pero malakas pa rin si Felix sa kanya.

Bago sila makarating sa pinto meron akong naalala. Isinigaw ko nalang yon para hindi sila maistorbo.

**"Felix! Paload mo ko!"** Sigaw ko.

**"Sige! 1000 pa!"** Sagot naman nya.

Tuluyan na silang naka-alis kaya naman natahimik na rin ako. Oras na para gawin ang nararapat.

*Ang kumain! Let's eat!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Part Two End

**GagongBaliw**

***Jay-jay's POV***

1000pesos load. Ang taray! Tinotoo talaga ng Ulupong na Felix ang sinabi nya. Ang tanong, saan ko naman gagamitin to? Hindi naman ganito kalaki ang kailangan ko.

May unli call naman kasi sa halagang 100pesos. Ibang klase din naman kasi tong si Felix the cat. Anyway, at least may load na ko. Magagawa ko na ang dapat kong gawin para mahuli ang GagongBaliw.

*Kung hindi ka si Keifer, ewan ko nalang.*

Tinext ko muna ang ugok.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Hoy!*

Wala pang ilang sigundo ng sumagot sya.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Yes? My life.*

Tang'na! May ganun pa.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *tatwag ako!*

Hindi na sya nagreply pa kaya sa tingin ko hinihintay na nya ang tawag ko.

Pinindot ko na ang call at idinikit ang cellphone sa tenga ko. Nagring yung ng ilang beses bago sagutin. As usual, wala pa ring nagsasalita.

**"Hoy! GagongBaliw! Alam kong nakikinig ka!"** Sabi ko pero syempre walang nahgsalita. **"...meron akong sasabihing secret. Satin lang to! Wag mong pagkakalat."**

Nakarinig ako ng mahinang pagtawa pero sandali lang yon. Naging seryoso ako at pinagpatuloy ko ang pagsasalita.

**"Meron kasi akong mahal, hindi ko sasabihin kung sino sya. Sinabi nyang mahal nya ko pero nalaman ko na niloloko lang pala nya ko. Ginamit nya ko pero hindi naman sya nagtagumpay."** Unti-unti kong naramdaman ang paghigpit ng paghinga ko.

Alam kong ilang beses ko ng inuulit-ulit ang kwentong to pero hindi ko maiwasan. Nagsisimula na naman akong maiyak ng dahil lang sa pag-alala sa nangyari. Kainis! Huminga ako ng malalim para pigilan yon. Hindi ako pwedeng maiyak, kailangan kong maisagawa ng maayos ang plano ko.

**"...sinubukan kong alamin kung minahal ba nya talaga ako sa kabila ng nangyari pero sabi nya hindi daw. Nasaktan ako ng sobra pero anong magagawa ko, ganun talaga. Akala ko hangang dun nalang yon pero hindi sya tumigil. Pinapakita at pinaparamdam nya pa rin na may feelings sya sakin kahit iba yung sinabi nya."**

Hindi ko na napigilan ang mapaluha. May ilang beses akong tumingala sa pagbabakasali na hindi sila tumulo pero walang saysay yon. *Pota!* Hindi waterfalls ang mata ko.

**"...Ayaw nyang kalimutan ko sya. Ang daya nya diba? Hangang sa nagpaalam sya na aalis muna. Pinaghintay nya ko. Okay lang naman sakin yon pero ang hindi ko maintindihan, kung bakit yung iba tinatawagan nya pero ako hindi."**

Kinusot ko ang mata ko dahil sa inis. Naiinis ako dahil napaiyak na naman ako ng Tarantadong Hari ng mga Ulupong. Ang dami mo ng utang sakin hayop ka.

**"Tapos umuwi sya pero hindi naman nya ko hinarap. Hindi man lang sya nagpaliwanag sakin. Pakiramdam ko hindi naman nya talaga ako mahal."** Napahagulgol ako sa sinabi ko. Hindi naman dapat kasama yon pero nasabi ko ng hindi ko sadya. **"...Siguro, dapat na kong sumuko. Dapat ko na syang pakawalan."**

Bigla nalang namatay ang tawag. Hindi ko na napigilan ang sarili ko sa pag-iyak. Marami akong dahilan para sumuko pero ayoko talaga. Handa akong humanap kahit isang rason lang para maghintay pa sa kanya.

Pero sa nangyari nung isang araw. Pakiramdam ko wala na kong dahilan para gawin pa yon. Hindi ko man lang sya natulungan matapos ang ginawa nyang pagligtas sakin.

Hindi ako ang babae para sa kanya. Wala akong kwenta. Ang kapal nalang ng muka kong asahan pa syang magpatuloy sa kabila ng ginawa ko. Kailangan ko na rin syang patigilin.

*Kung si Keifer ka nga! Pupunta ka ngayon dito dahil yon ang gagawin ng Hari'ng kilala ko.*

Mahigpit ang hawak ko sa cellphone ko habang pingmamasdan ang pintuan. Kapag pumasok sya ngayon dyan, handa akong pagbayaran ang ginawa kong mali nung nakaraan at ipaglalaban ko sya pero kung hindi......*susuko na ko.*

Oras ang dumaan pero walang pumapasok sa pinto. Tumigil na rin ako sa pag-iyak. Hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko doon. Wala ring dumadating na message mula sa GagongBaliw.

*Patunayan mo sakin na ikaw nga si Keifer!*

Madilim na pero hindi pa rin sya pumapasok sa pinto ng kwarto namin. Buti ang mga nurse pabalik-balik para sa check up ko. Dumating na din si Aries kasama si Kuya at Ella pero lumabas ulit sila para maghapunan.

Sinubukan nila akong ayain pero pinili kong manatili sa kwarto. Nagbabakasali na darating sya.

Pero nakabalik na si Aries at nakauwi na din sila Ella at Kuya, wala pa ring dumadating na Keifer. Hindi nga sya ang nagte-text sakin.

**"Matulog ka na."** Sabi ni Aries ng mapansin nyang dilat na dilat pa rin ako.

Tumalikod ako sa kanya habang nakahiga. Mahigpit ang yakap ko sa unan. Anu mang sandali kasi iiyak na ko.

2am na kaya wala ng darating na Keifer. Minabuti ko nalang na pilitin ang sarili kong matulog kahit ayaw pa ng diwa ko.

*Hindi na sya darating.*

Ilang beses akong nagising dahil sa babaw ng tulog ko. Akala ko makakatulog na ko pero magigising na naman ako. Pauli-ulit na ganun ang eksena. Ilang sandali pa ng marinig ko ang pagkilos ni Aries. Meron syang kausap sa cellphone nya at naglakad sya palabas.

Pinikit ko ulit ang mata ko para pilitin ang sarili ko matulog. Kailangan kong matulog nagbabasakali na pag-gising ko mawala ang bigat na nararamdaman ko sa dibdib. Hindi pa ganun kalalim ang pagtulog ko ng may maramdaman akong umupo sa tabi ko. Hinaplos din nya ang buhok ko at meron syang binulong.

**"Wag mo kong sukuan, please."**

Malamang nanaginip ako o naalimpungatan lang. Kilala ko ang boses nya pero hindi ako sigurado. Gusto kong gisingin ang sarili ko kung nanaginip man ako. Pero nanatili ang katawan ko sa parehong pwesto nito. Pati narin ang mga mata ko.

Naramdaman ko ang paghalik nya sa noo ko.

**"...I can't live without you..."**

May tubig na tumulo sa pisngi ko.

**"...pagbalik ko, I will not just promise but I will *do* fight for you..."**

Muli na naman nya kong hinalikan pero sa pagkakataon na to sa labi na nya ginawa yon. Mababaw lang at tila puno ng pag-aalinlangan.

**"...but please, don't give up. I love you Jay..."**

Nawala ang presensya nya sa tabi ko. Naramdaman ko din ang pagtayo nya mula sa kaninang kinauupuan nya.

**"I love you until scientists find the end of the universe."**

Pinilit kong gumising. Pinilit kong igalaw ang parte ng katawan ko. Nang maidilat ko ang mga mata ko, sya agad ang una kong hinanap. Pero walang sya, walang tao. Dilim lang ng kwarto ang sumalubong sakin.

*Panaginip? Nananaginip ako?*

Napahawak ako sa pisngi ko. May tubig.....*hindi ako nananaginip!* Sa kanya to! Alam kong sa kanya to!

Luha man to o laway o sipon alam kong sa kanya to! Dumating sya! Andito sya!

At putang'na!

*Ninakawan ako ng halik ng Gago!*

**End of Part Two**

++++++++++++++++++++++++++++++++++

**⚠⚠Author's Note⚠⚠**

So ayun! Ending na, wala ng karugtong!

*Charot lang*.... Syempre!

So ang dami kong plano nung nasa Part One pa lang ako pero nabago yun kasi gusto ko ng tapusin ang AMNSE, then nabago na naman ang isip ko.

Ang gulo ko no?

Pinili kong sundin yung naunang plano ko and Part Three was born. 😂😂

Next time hindi ko na announce plano ko. Hindi naman kasi nasusunod.

Okay..... Who cares.

**So anong aabangan sa KINGINA'ng Part Three?**

***Jay-jay—***
(1) Matakaw pa rin.
(2) Si Keifer na ba talaga? Panu na si Yuri?
(3) Ang pagkikita nila ng kanyang Pudra!
(4) Ano nga ulit sakit mo?
(5) Malandi ka daw!—sabi nila.

***Keifer—***
(1) Kamusta London?
(2) POV
(3) Explain din kapag my time.
(4) Yung away nila ng Pudra nya.
(5) Malaki ba?—ang pagmamahal mo kay Jay-jay.

***Yuri—***
(1) Bakit ang gwapo mo pa rin?
(2) Ako nalang, pwede ba?
(3) Ano na? Paglalaban pa rin ba si Jay-jay?

(4) Pula pa rin ang hair? May abs pa rin?
(5) Mas malaki ba?—ang pagmamahal mo kay Jay-jay.

***Percy—***
(1) Why you hate Baby Yuri so much?
(2) Ang paghina ng aircon
(3) Ang tapatang Ci-N at Percy. Labanan ng pandak. (Kahit hindi pandak si Percy)
(4) Panu na ang sakit?
(5) What to do with Freya?

***Aries—***
(1) Magkano pahula?
(2) Yung galit nya sa motherlili nila ni Jay. Kelan sila magbati?
(3) Wala na ba ang Tatay nya?
(4) Ella lang talaga? Wala na? Okay.
(5) jusko! Wala syang gusto ky Jay-jay, magkapatid sila!

**Ulupongssss....**

***Ci-N—***
(1) Heypi Birthday!—ay tapos na pala.
(2) Si Rakki—wala lang. Si Rakki lang.
(3) Tapatang Ci-N at Percy. The most awaited battle.

***David—***
(1) May balak bang umamin?
(2) Asan na gf mo?
(3) Pano magkaron ng sosyaling instinct?

**_*Felix—_**
(1) Honey—yung pulot.

**_*Calix—_**
(1) Why so Lande?
(2) Kamusta comeback?
(3) Just for you, just for you, who are you....

**_*Edrix—_**
(1) May pag-asa ba kay Freya?
(2) Lagot ka kay Percy.

**_*Rory—_**
(1) Stalker to mga Pre...

**_*Eman—_**
(1) Asan na yung pinapaluto ko?

**_*Eren—_**
(1) Wag na tayong chickboy.

**_*Kit—_**
(1) Dahil sa ginawa mong pag-amin, ikaw na ngayon si Kitty. 😂😂😂

**_*Mayo—_**
(1) Bawasan ang sweetness kay Kit, baka magka-diabetes.

**_*Denzel—_**
(1) Dadey.
(2) Lapit na, get ready na.

**_*Josh—_**
(1) Si Edy?
(2) May bago ng kaaway si Ci-N. Hindi na ikaw.

**_*Drew—_**
(1) Jusme! Yung utang mo! Nakakahiya naman!

***Blaster—***
(1) Kamusta ang banda?
(2) Yung away nila ni Keigan, matutuloy na.

**Para sa mga madalang mabanggit...**

***Ella—***
(1) Anuna? Naagawan ka na ng eksena.

***Rakki—***
(1) Si Ci-N. Wala lang, si Ci-N lang.

***Mica—***
(1) Wag mo kunsintihin yung jowa mo sa kalandian nya ha? Masama ang sobra sa kalusugan.

***Honey—***
(1) Extra ka lang talaga, ewan ko kung bakit nasingit ka.

***Freya—***
(1) Talo ka ni Honey.

***Grace—***
(1) Manganganak na sya.

***Kuya Angelo—***
(1) Wag ka na tumingin sa ibang babae. Magkakaroon ka ng kwento.
(Title: His Tears)

***Kaizer—***
(1) Eto na! May eksena na ang Papa ni Keifer.

***Jaspher—***
(1) Tama ba spelling? Kelan ka magpapakita sa anak mo?

Hahahaha... Dami pala nila. Ngayon ko lang na-realize na napaka-daming character ng story'ng ito.

Feel kong magbawas....

Mwuhehehehe... 😈😈

# Ang Mutya ng Section E
## (Part One)

# Ang Mutya ng Section E
## (Part Two)
## Dark side

# Ang Mutya ng Section E
## (Part Three)
## The Final Battle

Commercial muna.... Thank you dito **Ci-N Peralta**


Kita mo to, Ci-N?
???
Ano? Alin?
Itong hawak ko! Kita mo ba?
Hindi! wala kang hawak!
Oo! Ganyan ang utak mo, hindi makita!
Cast:
Ci-N Peralta
Jasper Jean Mariano
AMNSE
ART BY: CN P./A.

**Ang Mutya ng Section E (Part three) The final battle** will be publish on August 2018.

Bakit ang tagal? Kailangan ko munang iedit yung Part one at Two. Napupuna kasi yung grammar.

*Sisihin nyo autocorrect ng cellphone ko!!*

😆😆😆

Nagpapa-salamat ako ng marami sa inyo. Totoo nga yung sabi nila na wag a maghanap ng reader, kusa silang darating kung kelan hindi mo inaasahan.

Dumating kayo, sobra-sobra pa!

**Love Yah Tropa!** 😚😚😚😚

*OceanofPDF.com*


ANG MUTYA NG
Section E
Book 3
EATMORE2BEHAPPY

OceanofPDF.com

# eatmore2behappy

## Ang Mutya ng Section E (Part Three) The Final Battle

Ready to say goodbye?

**Part Three of 'Ang Mutya ng Section E'.**
The Final Battle
★*****************************★

Please... Read the Part One and Part Two before reading this.

Kasi masakit sa ulo kung uunahin to... Magulo! Promise magulo talaga!

Parang ako lang na author nito. Magulo!

**Again...**

Ang istoryang ito ay kathang-isip lamang ng walang saysay na author. Ang mga pangalan, lugar, pangyayari at petsa ay nabuo dahil sa bulate sa utak nya (author) at ang pagkakapareho nito sa tunay na buhay ay pawang insidente lamang.

Sa mga ayaw sumunod sa **Copyright Law**.

PLAGIARISM IS A CRIME!

Copying or translating any part of the story without permission from the author is punishable by law.

All Right Reserved
-Copyright (2018)

*OceanofPDF.com*

# Chapter 261

**A/N:** Happy Birthday!!
Aisle Laurice Lobrido
Cassexy
Jade Gamilo
Jenevy Orong Tipdas
**Tropa ni eatmore2behappy**

Mga gawa ng Tropa. Gusto ko kasing malaman na na-appreciate ko gawa nila. Gusto ko ding magpasalamat sa kanila.

Walang Wattyname yung iba kasi nagluko phone ko at nagramdom ang mga photos. Nawawala din ang iba kaya kung kilala nyo sila. Please inform them. Thank you!

Maraming salamat sa cover na ito. **Jade Michaela Buaya**

Thank you so much for this cover and fan art. @yonngigilagid (Aubrey Silvano)

Thank you. Nowyouseeme (Dorothy Paculanang)

Maraming salamat dito. Kyutko16

Thank you din po dito.  liabegail

Thank you po dito.  @ItsMarkStones (Mark Stones)

Thank you din po dito. Demi_dark

Meron pa yan... 1k+ lahat yan. Hehehe

**Key**

K***eifer's POV***

**"Sagabal sya..."** Keigan said.

Hindi ko napigilang hindi pang-gigilan ang basong hawak ko. Nabasag yon sa mismong mga palad ko at nagkalat ng alak sa counter table.

**"Don't fvcking tell me what to do. You're just my brother."**

I heard him chuckled. I don't want to listen to him. I don't like people telling me what to do, specially about Jay-jay.

Pinagmasdan ko ang dugong tumutulo mula sa palad ko. Humahalo yon sa alak na tumapon dahil sa pagkakabasag ko ng baso.

**"Honey! Don't just sit there! Talk to him!"** Keigan shout to Honey.

**"What's the point? He won't listen anyway."** She answered.

Out of frustration he walks toward me and force me to face him. I gave him a blank stare. He gripped my shirt tightly.

**"You're blinded with your love. Hindi ka na makapag-focus sa problema natin."**

Tinabig ko ang kamay nya at naglakad paalis sa harapan nya. Nilagpasan ko din si Honey na tinangka pang lumapit sakin.

**"You're drunk."** She said but I choose to ignore her.

Ayoko'ng makipag-usap sa kahit na kanino. Si Jay-jay lang ang gusto kong makita ngayon. Pero pano? Pano kung tuwing maiisip ko sya, naalala ko ang ginawa nila ni David.

*I want to ripped his throat.*

He kiss Jay-jay. *He kiss my Jay-jay*. No one is allowed to kiss her except me. Gusto ko silang saktan. Lahat ng lalaking umaangkin ng labi nya.

I suddenly feel the pain in my chest. It hurts me every time I remember how Yuri and David claim her lips. Pakiramdam ko hinayaan lang nya. Alam kong hindi sya ganong klase ng babae but I can't help it.

Agad kong syang pinuntahan pagkagaling sa London. Kailangan ko ng lakas dahil sa lahat ng pinagdaanan ko don sa kamay ng mga relatives naming pera lang din ang gustong makuha samin.

Pero hindi ko inaasahan na madudurog ako sa araw na yon. I'm trying my best to convince myself that she didn't do it in purpose.

*But it still hurt me as fvck.*

Hindi ko namalayan na nakarating na ko sa tapat ng pinto ng kwarto ko. I'm about to open the door but I stop. Nilingon ko ang pinto sa likod ko. Ang kwarto katapat ng kwarto ko kung saan ko pinatulog si Jay-jay non.

Kusang gumalaw ang mga kamay at paa ko. Dire-diretso akong pumasok don. The light is off but my eyes automatically adjust in the darkness. I walk toward the bed and lay down.

I still remember the first night that I let her sleep in here. I stared at her like a prey. Natutulog sya habang naka-nganga and I found it funny.

**"Jay..."** I whispered before my eyes close and fell asleep.

I didn't know that I will regret sleeping sooner.

**"*You are no different from your father. You're a bastard. Useless and nothing but a dirt in our name.*"** One of the elder said while clenching his teeth.

Sana lang hindi ka atakihin sa puso nyan. Tindi ng galit nya sakin.

I ignore him. I keep reading the papers in front of me while they are all staring at me. My other relatives are standing at the end of the long table.

*A very long one to be exact.*

Binaba ko ang papel sa lamesa at pinagmasdan silang lahat. The Watson Family. Mas marami sila sa inaasahan ko. At ang alam ko wala pa rito ang ibang pinsan ko na nasa ibang bansa. Wala pa din ang mga anak sa labas na dala-dala ang apilyido ng pamilya.

**"*What exactly the reason you're here?*"** I ask confusedly.

I know the answer, I just like messing with them. Specially with the elders. Mga kapatid sila ng Lolo ko pero hindi sila nagpapatawag ng Grand Father. Lalo na sa kagaya kong hindi naman nila kinikilalang apo.

"***His Filipino brain doesn't understand us.***" One of my cousins said and they all laugh.

"***Keifer...***" Honey whispered from my back. "***...umalis na tayo. Nakuha mo na ang kailangan mo.***"

Hindi ko pinansin ang sinabi ni Honey. Ngumiti lang ako sa pinsan kong mas malaki pa yata sa drum ang katawan.

"***And your penny size brain doesn't understand me.***" I answered him and they stop laughing. "***You will never have my money. It's all mine, only mine.***"

Sabay-sabay silang nag-react sa sinabi ko. Galit na galit sila dahil wala silang mapala sa malaking pera na nakatambak lang sa Watson's Bank. Hindi kasama don ang pamana ni Mom. Pera palang yon ng Lolo ko na pinag-ipunan nya at isinugal sa panganay na anak ng Tatay kong halimaw.

Dahil sa laki ng halaga nagka-interes ang mga kamag-anak ko. Tinangka nilang kuhanin yon bago pa ko makatuntong ng 18. Pero masyadong mahigpit ang bangko, kahit Watson ang apliyido nila hindi pa rin sila nakakuha kahit singko.

Tumayo na ko at akmang aalis na pero nakarinig ako ng pagtuktok ng kahoy sa kumikintab na sahig ng kwarto. Mula yon sa tungkod ng pinaka-matanda sa magkakapatid.

Mula ng dumating ako sa masyon ng mga Watson hindi ko pa sya nakita o narinig na nagreact sakin. Ngayon ko lang din narinig ang tungkod nya.

Tumahimik ang lahat at maging ako ay hinintay ang sasabihin nya.

"***That money is not yours.***" He said while standing. "***It belongs to Kaizer's first born child.***"

"***I am his first—.***"

He cut me. "***You are not!***"

Tinignan ko si Honey. Halata ang kaba sa itsura nya. Hindi ko alam na makakarating sa kanila yon. My heart beats so fast I immediately sweat.

"***What makes you think that I am not?***" I ask trying not to show nervous.

"***Kaizer has a lot of women before marrying your mother. It's not impossible for him to have a child before you.***" One of the elders answer while obviously mocking me.

I chuckled full of pride. "***Think whatever possibility you want to think, but the money is still mine.***"

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila. Naglakad na ko palabas ng pinto ng kwarto'ng yon. Kasunod ko si Honey na nagpupunas ng pawis.

"***You're quite obvious Honey. Hindi pa nila alam yon at kung may alam man sila sigurado ako'ng hindi pa nila kilala yon.***"

"***You can't blame me. Isang pagkakamali lang, mawawala ang pinaghirapan natin.***"

Niluwagan ko ang necktie na suot ko. Para akong masasakal sa pressure na nararamdaman ko. Akala ko talaga alam na nila ang tungkol sa bagay na yon—pero hindi malabo. Maybe they know something I didn't.

"***Keifer...***" Si Mr. Ryder habang naglalakad pasalubong samin. "***Nakuha mo?***"

I nod and hand over the papers and key to Honey. Binasa nya ang kapiraso'ng papel na nakatali sa malaking susi. We continue walking.

"***Watson's Bank?***" She said. "***How rich is your family? You even own a bank.***"

"***Honey, they are more than rich.***" Mr. Ryder answered. "***They're elite.***"

Nakarating kami sa grand staircase ng bahay. Saktong pababa namin ang pag-akyat naman ng pinsan ko'ng ni minsan hindi ko hiniling na maging kamag-anak. Huminto sya sa mismo'ng harap ko.

"***So, I guess I'm too late.***" Sabi nya at tumingin sa susi'ng hawak ni Honey.

Ngumiti ako sa kanya puno ng pagyayabang. Ako ang nanalo, sakin ang pera ng mga Watson at ako ang bagong CEO ng Watson Enterprise.

"***Better luck next time—oh wait! You don't have a next time.***" I answered mocking him.

I tap his arm and walk. Nasa ground floor na kami ng magsalita sya dahilan para tumigil ako.

"***You maybe win, you have the money and the company. But how about your girl?***" He said and laugh. "***We all know that you're going crazy because of a girl named Jasper Jean Mariano.***"

I clenched my fist. I want to break his bones right now. I don't want my Jay-jay's name being dragged here.

"***Make sure to keep him safe, Keifer.***" He added before finally leaving.

"***It's a threat. You have to be careful.***" Mr. Raider said and walk out of the door.

Honey and I followed him after. Sumakay kami sa isa sa tatlong Mercedes-Benz na nakaparada. The other two belongs to my bodyguard.

Habang umaandar ang kotse hindi ako mapakali. My stupid-acting-CEO-cousin is up to something. He is so predictable and he's taking advantage of that.

I have to make sure that Jay-jay will be alright. I immediately took my phone out of my pocket. I'm about to dial her number but I stop. Kapag narinig ko ang boses nya panigurado'ng uuwi ako ng wala sa plano.

It' been a day since I last saw her but I'm already dying to see her. Pero hindi pa ko pwedeng bumalik. Marami pa kong dapat gawin dito.

Ibabalik ko na sana ang cellphone sa bulsa ko ng may dumating na text message. Galing yon kay Keigan.

**From:** *Keigan*
**Message:** *Galing dito ang girlfriend mo.*

*What?!*

I dialled Keigan's number. I waited for him to answer it. Matapos ang ilang beses na pag-ri-ring ng phone nya dun pa lang nya sinagot.

**"*What took you so long to answer your phone?!*"** I ask irritated.

Wala akong narinig na sagot mula sa kanya. I don't know if there's a problem with the signal.

**"*Keigan?*"**

Out of nowhere I heard a small laugh. I suddenly feel unease. I know there is something wrong with my own brother but I'm not sure what it is.

**["*Relax Bro...*"]** He said in different tone.

His voice is obviously my brother's but the way he talk is like a totally different person. It often happened lately.

Pero hindi to ang oras para ma-mroblema ako sa inaasta nya. Sinubukan kong alisin sa isip ko ang akto nya na yon. May mga bagay akong dapat unahin at sya na rin ang nagsabi na alisin ko muna sila ni Keiren sa priority ko.

**"*Gusto kong malaman kung ano'ng ginawa ni Jay-jay dyan.*"**

**["*Nothing important. She's looking for you but since you're not here she immediately leave with her bicycle.*"]** Paliwanag nya.

I know she's worried. The last time that we're together I punch a tree. I'm so pissed because I saw Yuri kissing her. Maybe she think that I'm still mad at her.

**"*Don't say anything that will make her worried.*"**

**["*Sure.*"]** Sagot nya at pinatay na ang tawag.

*I'm sorry Jay. You have to wait for a while.*

Tinext ko si Ci-N at ang iba pang mga kaklase namin, pati na rin si Yuri. I am more than pissed with that guy pero wala akong ibang aasahan bukod sa mga kaibigan namin kundi sya.

He can protect Jay-jay the same way I do.

Our car suddenly stop. Tumingin ako sa labas ng bintana ng kotse.

**"*This is the Watson Bank?*"** Honey ask.

Yan din sana ang gusto kong itanong. Hindi ito katulad ng bangko'ng inaasahan ko. It was a brick castle na nababalutan na ng mga halaman ang pader. Muka pa namang bago ang gate nito dahil sa kulay itim na pintura.

May nagbukas ng pinto ng kotse kaya naman bumaba na ko. Sumunod naman sakin sila Honey at Mr. Ryder.

**"*Mr. Mark Keifer Watson.*"** A guy wearing a business suit called me and walk toward me. **"*We've been expecting you.*"**

Tinignan ko sya mula ulo hangang paa. **"*You are?*"**

**"*Oh, where is my manners?*"** He offer his hand. **"*I'm your mother's brother. Call me Sin.*"**

I accept his hand and did a handshake. I smile looking at him. Mom use to talk about him and his mischief adventure before he graduated college. I didn't know he work at our bank.

Bumitaw sya at inayos ang suot nya. Tinignan nya sandali ang mga kasama ko at muling humarap sakin.

**"*Do you have the key?*"**

Inilahad ko ang kamay ko. Honey handed me the papers and the old key. Pinakita ko sa kanya yon.

**"*Follow me.*"** He said.

Susunod din sana sila Honey at Mr. Ryder pero pinigilan sila ng mga Guard na nakatayo sa magkabilang side ng gate.

**"*They're with me.*"** I said but they still blocked their way.

**"*Sorry, but we can't allow them.*"** My uncle said.

I look at Mr. Ryder, he nodded as if he's giving me permission to continue. I walked with my uncle.

Napaka-dilim ng lugar. At first I thought that we're on a hallway but I realize that we're not. Thanks to the light at the end of our path. Nasa loob kami ng isang tunnel.

**"*How's your brothers?*"** He suddenly ask.

Sinilip ko sya sandali pero sa nilalakaran lang namin ang tingin nya.

"***They're fine. I guess...***" Alanganin kong sagot.

"***Sorry if I didn't make it to your Mom's funeral. I'm not allowed to leave the bank before.***"

Napabuntong hininga ako. Wala ni-isa sa pamilya ni Mama ang nagpunta sa funeral. Pwedeng malalayo'ng kamag-anak pero hindi ko naman kilala.

But it was a long time ago. It doesn't really matter to me now.

"***I understand. You have a duty to fulfill.***"

Huminto sya sa paglalakad. I noticed that we're already at the end of the tunnel. Malaking pinto ang kaharap namin ngayon.

"***Your Mom is still my sister. It's my duty to protect her.***" He look at me seriously. "***And i failed to fulfill my duty.***"

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Binuksan nya ang pinto sa harap namin. A huge fountain is the first thing that I saw. The ceiling is made of glass. Ang sahig ay puno ng pebbles. While the surrounding is look like a garden because of the withered plants.

*Is this really a bank?*

Tatlong pintuan ang nasa likod ng fountain. Uncle Sin walked toward the first door and open it.

"***We have to move faster. Clock is ticking.***" Sabi nya at pumasok sa loob.

Tama naman sya kaya binilisan ko ang lakad. Pagpasok sa unang pinto, isang counter table na gawa sa marmol ang bumungad sakin. Uncle Sin was behind that table.

He's typing on what I assume is a keyboard. Habang hinihintay sya, napansin ko ang nasa likod nya. It was a safety deposit boxes. Halos buong pader yon.

After typing something one of the safety deposit box open. The one in the corner at the end of the wall.

Hindi ko maintindihan kung paraan saan etong mga ginagawa nya. Ang alam ko lang andito ko para sa pera'ng iniwan sakin.

Uncle Sin walk toward it. He pick up something inside.

"***What exactly is this?***" I ask when he's about to walk toward to me.

He gave me a short smile. "***Everything what your Mom wanted you to see.***"

I arched a brow. *What she wanted me to see?*

Inabot nya sakin ang isa'ng wooden box. Naka-lock yon at luma na ang susian. I can literally peak on its keyhole.

Sandali ko pang pinagmasdan yon ng maalala ko ang susi na nakuha ko sa old mansion. I took it from my pocket.

Buong akala ko ang susi na to ay para sa mismong pinto ng vault. Sinubukan kong isuot ang susi don at namangha pa ko ng magkasya yon.

Dahan-dahan kong pinihit ang susi and I heard a small snap sound from the box. Tinignan ko si Uncle na nakatingin lang din pala sakin. He's obviously waiting for me to found out what's inside the box.

*Why do I suddenly feel pressured?*

I slowly open the box. Sa pagbukas ko ng box napatitig ako sa laman nito. Seeing whats inside makes me want to throw it away.

Seriously? Who would put a small remote control and piece of card inside a box? Then put it in a safety deposit bank.

This is definitely a joke. Hindi'ng-hindi to gagawin ni Mom. I almost laugh in disbelief but when I saw my Uncle's serious face I remain calm.

I first took the small piece of card and read it. There's a letter printed in gold that is hard to see in bright lights. Sinubukan ko pang basahin yon pero nabigo ako kaya kinuha ko lang ang remote at pinagmasdan yon.

There are only few bottons in the remote. Play, Pause, Stop & End buttons with different colors.

***"If you're done, please follow me."*** Uncle Sin said.

I took the remote and piece of card then leave the box. Lumabas kami ng pinto at lumipat sa pinto sa dulo. Binuksan nya yon at tanging dilim lang ang nakita ko.

***"From here, you have to do everything on your own."*** He said and force a smile.

Nag-aalangan akong pumasok. Wala kasi kahit katiting na liwanag. I pulled my phone out of my pocket and use it as a light.

Unti-unti akong humakbang papasok. Few more step and the door suddenly close. Saktong paglingon ko tanging ang malungkot na muka nalang ng Uncle ko ang nakita ko.

I try to run back to stop the door but I'm too late. Sinubukan ko pang buksan yon pero wala ring saysay.

*Damn it! Is this a set up?*

Meron ba syang balak na masama? Kaya ba hindi nya pinayagan sila Honey na sumama sakin dito sa loob? Wag naman sanang pati sya nagka-interes na rin sa pera.

Out of nowhere a light from a box showed up. Nilapitan ko yon para tignan. It was a projector box. Is this what the remote control for? Tinanggal ko yung cop na nakaharang sa mismong bilog ng projector.

The light spread on the wall which looks like a monitor. There are three choices on the screen. Play, Pause & Stop. Almost the same choices from the remote.

Kahit hindi ako sigurado pinindot ko yung Play sa remote. Something come up from the screen. A video that about to play and there's a woman on it.

*It's Mom...*

Hindi na naalis ang tingin ko sa monitor. It was Mom. My own mother that I haven't seen for a long time. I don't understand why she's in this video.

**"*Keifer...*"** She started. **"*...if you're watching this, it means that I didn't made it to your 18th birthday*."** She said and my tears start to fall.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 262

**A/N:** Naks! Pinuri yung English ko dahil dyan eto wrong grammar. Hahahah...

Ang bagal ng internet. Hindi ako nakatulog ng maayos kaka-anty na umayos sya. Thank you for waiting Tropa. Bale meron pa talaga. Timing lang sa pag-Ud.

**Mother's Love**

***Keifer's POV***

I woke up with a tears in my eyes. Kahit sa panaginip ang bigat pa rin ng epekto sakin.

**"*Keifer...*"**

Her voice. My Mom's voice, it hunts me. Sinubukan kong bumangon mula sa pagkakahiga. But pain immediately kicks in.

**"Damn it."** I whispered while massaging my head.

I look at the time from my wrists watch. It's 1:04 AM. I slept for a short time but it feels like a day.

I lay back to force myself to sleep. Kailangan ko ng lakas. Pakiramdam ko nawalan ako non ng dahil sa sobrang galit ko.

As I close my eyes and sleep again. My Mom's face shows up.

**"*Keifer. If you're watching this, it means that I didn't made it to your 18th birthday.*"** She said and my tears start to fall.

*Mom...*

Her eyes look so sad. My knees suddenly feel weak. Seeing her talking now makes me want to see her so bad. Pakiramdam ko buhay sya ng dahil sa video na to.

Ang tagal kong hiniling na marinig ulit ang boses nya. Her voice when she calls my name, her voice when she sings a lullaby for me and Keigan and her voice when she says 'I love you' to me.

**"*Mom... I miss you so much.*"** I said between my tears.

**"*I'm sorry, my Keifer.*"** She said and notice how she touch her belly.

*She's pregnant?*

I wipe my tears and look at her. Tinitigan ko sya at inalam ang maaring time or date na kinuhanan ang video.

The ways she looks, parang buntis sya kay Keiren. Her belly is huge about 8 to 9 months. Medyo mas mataba sya kesa sa natural nyang itsura noong kami palang ni Keigan ang anak nya. Pruweba na maari ngang eto yung panahon na buntis pa sya kay Keiren.

*Pero bakit? Bakit nung time na yon?*

**"*I'm sorry for giving you a huge responsibility. Masyado ka pang bata para danasin to pero wala tayong pagpipilian.*"** She took a deep breath. **"*My family owes a lot from your grandfather. When he asks me a favor I never hesitate to say 'yes' because that's the only way I can pay back from everything he've done to us.*"**

She forced a smile. **"*They ask me to marry your father. Kahit labag sa loob ko pumayag ako lalo ng ipaliwanag nila sakin ang lahat.*"**

I got confuse. I knew they're arrange marriage but what does she mean by '*ipaliwanag ang lahat*'.

**"*I will explain to you everything. After hearing this it's up to you if you're going to keep the money or give it away.*"** She said in serious tone.

Meron pa ba kong hindi alam? Akala ko pinaliwanag na sakin ni Mr. Ryder ang lahat. What now?

**"*Watson family are related to the Royal family of England. Hindi nga lang sila kinikilala for some unknown reason. Pero hindi naging hadlang yon para umangat ang mga Watson. Your great grandfather is an explorer with a big contribution to the different Museum.*"**

I blink my eyes. I am completely dumbfounded. I never heard these things before.

**"*...He leaves a lot of fortune to your grandfather when he died...*"** She continue. **"*...and that fortune is the root of the problem. Alam ng Ama mo na may malaking pera para sa kanya kapag namatay ang Lolo mo and because of that he tried to kill his own father...*"**

Hindi na ko nagtataka sa narinig ko. He can kill anyone he wanted for the sake of money.

**"*...nabigo sya. Don na nagsimulang gumawa ng hakbang ang Lolo mo. He dicided to name all his assets and liabilities to the first born child of Kaizer. Pero may problema, sa dami ng nagiging babae ng Papa mo hindi nila ma-monitor kung sino sa kanila ang maaring magka-anak...*"**

***"...that's why they talk to me and my family. I didn't know what to say but they still explained to me everything."***

Kaya sila pilit ipinakasal? Just because of that fvcking money. Mas mahalaga ba ang pera kesa sa buhay. Hiniling nila na isakripisyo ni Mom ang buhay nya para lang sa lintik na pera na yon.

My fist clenched. Gusto kong itigil na ang video at sunugin ang buong lugar na to. Ang laki ng paghihirap ni Mom sa lalaking yon ng dahil lang sa hiling ng Lolo ko.

Pero hindi ko magawa. I still wanted to see my Mom.

***"...Kaizer, your Dad joined a Mob but this is no ordinary mafia group. They are the master mind of every illegal operation in the world. In order to be part of them your Dad have to invest a lot of money—we're talking about 100 million here."***

Kaya nya pinagtangkaan nya si Lolo. He's out of his mind.

***"...Hindi tumigil ang Dad mo na pagtangkaan ang Lolo mo. Kahit kasal na kami he never stops. Until your grandfather give up and let his son do whatever he wants. Ang hindi alam ni Kaizer, naka-ayos na lahat ng papers nya na naglilipat ng lahat ng meron sya sa una nyang apo."***

***"No lawyer shows up on his funeral which gave Kaizer a suspicion. I try my best to make sure that he will never know the reason why he never received his inherits."***

Mom looks at me or the camera but it feels like she's directly looking at me.

***"Kapag nakuha nya ang mana nya at lahat ng pera ng Watson. Mawawalan ng resources ang buong Watson Family. Maging ang mga tinutulungan nila, kabilang ang pamilya ko. Ang mga paaralan, ospital at kabuhayan na tinaguyod ng Lolo mo. Mawawala lahat ng yon."***

A lot of people are depending on us. Kaya ba ganun nalang pinaglaban ni Mom ang perang yon?

***"Keifer... This is not just all about the money. This also about the other people who supported and believe in us. My family and I tried our best to protect you and every single property that will soon be yours."***

Si Mom and Uncle Sin. They sacrifice their own life. Para sa Lolo ko at para sa mga Watson.

*Ibig sabihin ba non, dapat ganun na rin ang gawin ko?*

Thats it! I understand it now. Iniwan sakin ng Lolo ko ang mga yaman nya hindi bilang pamana. Iniwan nya sakin yon para protektahan sa parehong paraan na ginawa nila Mom.

*This is not all about the money.*

This is about protecting the people around the Watson Family.

***"Oh my gad..."*** I whispered to myself.

***"But there's another thing you should know. You must take an action before your father and the elderly know."*** Seryoso ang mga mata ni Mom at para bang napaka-laking problema nito.

*Please don't tell me...*

***"Your Dad has a child before you..."***

Damn!

Nahilamos ko ang muka ko sa sobrang inis. Totoo nga na may unang anak ang hayop na yon bago ako. Akala ko hindi totoo yon dahil wala naman kaming mahanap na lead sa kanya kung sino man sya.

***"...gagamitin sya ng Papa mo o ng mga elders kapag hindi mo sila inunahan. Kailangan mo syang mahanap at kung kailangan...."*** Pumikit sya sindali. ***"...patayin mo sya."***

My jaw drop because of what she said. I can't believe she's asking me to kill a person. I didn't know my Mom is capable of something like this.

***"Kapag hindi mo ginawa yon, theres a chance na ikaw ang patayin nya at ang mga kapatid mo."*** A tear fell from her eye.

*I understand.*

She just wants to make sure that we're safe. Hangang sa huli kami pa rin ang iniisip nya.

She wipes her tear and took a deep breath. ***"...I don't have a clue where to find that child but I know someone who has. The mother of your friend Aries, Gema Fernandez."***

Anong kinalaman ng Nanay ni Aries dito?

***"Talk to her and ask her about your Dad's child."***

Pero bakit sya? Bakit sya ang kakausapin ko—*si Angelo.*

Lahat ng tao sinasabi na may pagkakahawig kami sa kilos at itsura. Pati ugali namin minsan parang hindi rin nalalayo.

*Hindi kaya—no! Imposible!*

Nangyari lang yon dahil halos sa kanya na kami lumaki. At isa pa, sa kanya na rin nang-galing na kilala nya ang Tatay nya pero hindi na sya nagkaroon ng pagkakataon na maka-usap pa dahil nakalibing na sa ilalim ng lupa.

Kaya imposibleng sya yon! Hindi sya ang batang tinutukoy ni Mom.

Mom force a smile and again took a deep breath.

***"I hope you and your brothers are alright."*** She smiles sadly. ***"...Siguro may girlfriend ka na ngayon. Sana hindi na kayo sakit sa ulo ng mga kaibigan mo."***

How I wish your here with me. Baka natulungan mo ko nung time na na-aksidente kami nila Percy. Baka hindi pa kami umabot sa sitwasyon namin ngayon.

Sana andito ka, gusto ko syang ipakilala sayo. Ang babaeng gumugulo sa isip ko. I imagine her talking to you and smiling. Having cute conversation about us.

Kung andito ka lang Mom, sasabihin ko sayo kung pano ako binalikan ng karma. Kung pano ako nahulog sa kanya ng hindi ko namamalayan. Kung pano nya pasakitin ang ulo ko dahil sa mga kalokohan nya. Kung pano sya mag-mura na parang laging may kaaway. Kung panu nya ko binabaliw at kung pano nya rin ako paiyakin.

I want to protect her. I want to protect my life, my world....my Queen.

*She's my everything.*

***"Just to be fair. I want you to know that your Dad use to love me..."*** She said that stop me.

Love? He loved my Mom? That guy knows nothing about love. Sa lagay na yon minahal nya pa si Mom? I can't believe this.

***"...but I never love him back. Kaya siguro naging ganun sya sa atin. If I'm stronger enough I will never allow your Dad to hurt you."***

No. If I'm stronger enough, hindi ka sana nya sinaktan. Hindi ka sana nawala samin ni Keigan at Keiren.

Mom smile as if she's smiling directly to me.

***"I'm leaving everything to you now. The card that you got along with the remote control is your password."***

Tinignan ko yung card na nakuha ko kanina. Now that I'm in the dark I can read it clearly.

***"Press the end button now Keifer. It's time for you to decide."***

Unti-unti ng nag-block ang video. Ginawa ko ang sinabi ni Mom. Sa kanang bahagi ko sumindi ang ilaw pero hindi ganun kaliwanag. Sapat lang para makita ko ang pinto at maliit na monitor sa tabi nito.

Lumapit ako don at tinignan ang nakasulat sa screen.

***'Scan the barcode.'***

At may arrow na maliit na tumuturo sa isang infrared light sa dulo ng monitor.

*What barcode?*

Tinignan ko yung hawak kong remote. Wala namang nadikit na barcode. Tinignan ko din ang card pero wala akong makitang barcode.

I flip it over at napatigil ako ng may makita akong silver color. Kumikinang yon sa mahinang ilaw unlike the gold print at the front.

Ginalaw-galaw ko yon at napansin ko ang guhit-guhit. I think this is the barcode.

I scan it through the infrared light. The screen displays suddenly change.

**'*Read the code.*'**

*What code?*

I don't understand anything from this process. Ang alam ko lang kailangan kong makita ang vault. Walang nagsabi sakin na may ganitong process.

Napabuntong hininga ako. I can't believe I have to go through all this. Nagsisimula ng sumakit ang ulo ko.

Tinignan ko ulit ang hawak kong card. Kinailangan ko pang tumapat sa dilim para lang mabasa yung gold print. Tinandaan ko yon bago bumalik sa harap ng monitor.

**"*Love is not free, it's the most expensive thing in the world. It cause more than a life and you're paying it without realizing it.*"**

Sandali akong napa-isip dahil sa binanggit ko. What's the connection of Love in this?

Nagbago na naman ang display sa screen.

**'*State your name.*'**

Sana naman huli na to. Sumasakit na talaga ang ulo ko sa dami ng dapat kong pagdaanan.

Eto lang ata ang alam kong bangko na gumagamit ng isang damakmak na proseso. Other banks only need the bank account or ATM card.

**"*Mark Keifer Watson.*"** I stated my name.

Out of nowhere a robotic voice like siri speak. **"*Welcome Mr. Keifer.*"**

Mukang galing yon sa monitor. Balak ko pa sanang kalikutin yon ng marinig ko ang lock ng pinto. It automatically opens and the vault door show's up. Kusa ding bumukas yon.

Pagsilip ko sa loob unti-unti'ng bumukas ang mga ilaw. Unti-unti kong ding hinakbang ang mga paa ko papasok.

Nasuklay ko ang sarili kong buhok. I'm speechless, I don't exactly know what to say.

*Now I know why my relatives are dying to have this.*

Ginto at hindi pera ang nasa loob ng vault. At hindi lang ito ordinaryong vault. It was a room, bigger than my room and it was full of bar of gold.

Nakahilera sila ng maayos. May bilang ang bawat isang patong-patong na ginto. Buong akala ko ginto lang ang andito pero ng maglakad-lakad ako nakita ko ang iba pang nasa loob.

A table full of diamond, jewelry and cabinet full of antique vase and plates which I think caused more than a million.

This is what treasure looks like.

Napaupo ako sa isa sa mga kumpol ng ginto. It was so damn cold. It gives shivers to my skin.

I still can't believe this. This is what my Mom died for. At lahat ng to kailangan ko ding protektahan.

My knees are melting. Hindi ko kayang protektahan ang ganito karaming ginto. Anong gagawin ko dito? Saan ko naman gagamitin ang mga to?

Kailangan kong pag-isipan ng mabuti kung tatanggapin ko lahat ng to.

I stood up and walk toward the door. Paglabas ko hinarap ko kagad ang monitor sa tabi ng pinto. Pinindot ko yung nakalagay na '*Close*' at automatic na nagsara ang pinto ng vault at kasunod ang pagbukas ng pinto palabas.

I immediately walk toward the exit. Bahagya pang nasilaw ang mata ko dahil sa liwanag.

"***How is it?***" Uncle Sin while handling me a bottle of water.

I rejected it. "***Not good. I-i don't know what to do.***"

"***Relax... You can still think until your birthday.***"

I look at him in disbelief. "***My birthday is next month.***"

He smiles. "***So? It means you have a month to think.***"

A month is not enough to think. I need more than that. If possible I want a whole year.

"***I don't even know what to think.***" I said and start walking toward the tunnel.

"***Keifer.***" Uncle Sin called me. "***You have to think wisely.***"

I face him. "***Don't fvcking pressure me!***" I shout and walk faster.

I reach the gate and immediately approach Mr. Ryder who's patiently waiting. Nakatayo lang sya sa tabi ng kotse at bahagyang nakasandal.

"***Keifer... Anong nangyari?***" He ask.

Honey came out of the car and approach me.

***"Gusto ko ng bumalik sa hotel."*** I said and get inside the car.

They both didn't say a thing. Sumakay din sila at hindi na nagtanong pa. I keep myself in silent. I'm starting to have an headache.

Mababaliw na yata ako sa kakaisip.

Almost half an hour past before we reach the hotel that we stay in. Nauna na kong lumabas ng kotse sa kanila at nauna na ring pumasok sa elevator.

I wait for no one. Gusto kong mapag-isa.

I walk out of the elevator when it reaches my room floor. Bubuksan ko na sana ang pinto ng mapansin kong nakabukas na yon.

I took a step back but someone push me inside. I'm about to fight back but I saw a very familiar person inside my room.

***"What are you doing here?"*** I said in plain tone.

***"Don't play stupid with me. You know exactly why I am here."*** My cousin, Clyde answered.

He's the current CEO of Watson Enterprise. He claims the position before someone else does. I don't know if I should thank him for that but I knew he will not give up the position easily.

***"You'll get nothing from me. You can leave now."*** I said while removing my coat and tossing it to the nearest chair.

He moves his hand forward showing a picture to me. Natigilan ako.

*It's Jay-jay.*

He smirk. ***"Now, shall I visit your girl? Or we can settle everything here?"***

I clenched my fist. ***"Don't you dare."***

***"I will, you know me."***

***"Your son of a b*tch!"***

He suddenly laughs like he's enjoying watching me getting furiously mad.

***"You're turning into a beast. You must be in love."***

I look at him confusedly. ***"What do you mean?"***

He smirk. ***"It's a family curse. Once a Watson fall in love, he turn into a beast."***

I luagh bitterly. ***"That's a fvcking myths."***

***"But half true. Just look at you and your Father. Both of you are the living proof."***

Kalokohan! Sabi-sabi lang ng mga tao yan non. What they called family curse. It was so stupid. Sinasabi nila na hindi pwedeng mag-mahal ang isang Watson dahil nagiging marupok sya.

***"I don't care about that curse."*** I said and point out my finger. ***"Leave!"***

***"Don't test me Keifer. Give me what I want!"***

Nakipag-sabayan ako ng titig sa kanya. Alam nyang wala akong planong magsalita.

Ang password sa vault ang hinihingi nya. Wala syang mapapala. I'll make sure he never will have it.

Nagsalubong ang kilay nya sa galit. ***"You ask for this. I'll make you pay."*** He said and ripped Jay-jay's Picture.

Bigla nalang akong kinabahan.

No! No! Not jay-jay.

Out of nowhere a man grabbed me from behind. Another man shows and punch me in the stomach. They didn't give me time to think and hit me again.

They hit me multiple times until I can't take it anymore. Unable to breath and stand properly, they decided to stop and leave me like that.

***"This is your first warning. The next one will be for your girl."*** My cousin said and leave a long with his man.

Hindi ako nakalaban dahil binigla nila ko. Buong akala ko si Jay-jay ang puntirya nya.

I need a plan. Hindi nila pwedeng idamay si Jay-jay dito. Hindi sya pwedeng mapahamak ng dahil sakin.

I have to make sure her safety. Kailangan ko syang protektahan.

But how? How will I do that when I'm too far away from her.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 263

**A/N:** My Instagram ka? Check out fan made and TNE Staff made account, with awesome lines from AMNSE.

@angmutyangsectione
@eatmore2behappystories

**Happy Birthday Tropa!**

Eirha Mae Guzman

**Shoutout po kila....**

Dabu
Josephine
Juliet
Norelyn
Belle
Gemma
Arriap
HyascintMalik

**Relatives**

***Keifer's POV***

I woke up feeling so much pain in my body. Last night, Clyde and his man attacked me. Mabuti nalang at wala syang clue na ang password na hinahanap nya ay hindi katulad ng karaniwang password sa mga vault.

I walk toward the shower and switch it on. Warm water run down to my body.

Hindi pa rin ako nakaka-isip ng solusyon sa problema ko kay Clyde at Jay-jay. Limitado pa ang kilos ko ngayon dahil wala pa sakin ang mana ko. Kaya ko lang protekatahan si Jay-jay kung nasa malapit lang ako.

Pagkatapos maligo, nabihis na ako. I have to meet the Elders again. Sa ayaw man o sa ayaw ko.

I heard a knock from my room door.

**"*Ready Keifer?*"** It was Honey.

I walk toward it and open. **"*Ready.*"**

Kasunod ko si Honey na naglakad papuntang elevator. Hindi ko sinabi sa kanila ang ginawang pagbisita sakin ni Clyde.

"***Anong pag-uusapan nyo ng mga matatandang yon?***" She ask.

"***Nothing new... Tungkol pa rin sa Pera sa Watson bank.***"

But there's no money in there. It's all file of treasure and gold.

Napaisip ako sandali. Alam kaya nila ang laman ng bangko na yon. I bet they know, hindi naman sila magkakagulo na agawin sakin yon kung hindi.

Paglabas ng elevator, nakita ko si Mr. Ryder na nakatayo malapit sa kotse. I immediately walk toward him.

"***May hindi ka sinasabi samin.***" He said.

I frowned. "***Excuse me?***"

"***Clyde visited you last night. Anong pinag-usapan nyo?***"

"***Same old, same old.***"

"***What else?***"

I shook my head. I don't want to talk about it. Hindi pa rin ako nakakaisip ng solusyon.

"***Keifer, you have to tell us more about it. Anong ginawa nya sayo? Anong sinabi nya sayo?***"

I took a deep breath. I really don't want to talk about it because it's my personal problem. But maybe they can really help me.

"***He's targeting Jay-jay.***"

Napahawak si Honey sa bibig nya. "***Oh my gad... He target the wrong person.***"

I look at her like I'm about to kill her. Hindi nakakatulong ang pinagsasasabi nya.

"***What?!***" She asks innocently. "***I'm telling the truth. Tanga nalang ang kakalaban sa girlfriend mo.***"

One of this days, tatanggalin ko sa trabaho ang babaeng to. Pakiramdam ko sumasakit lalo ang ulo ko dahil sa kanya.

I know Jay-jay can fight back but not all the time. Hindi rin sya ililigtas ng pagiging pasaway nya. Baka ikapahamak lang nya yon.

"***Shut your mouth Honey or I will make you.***" I said and get inside the car.

They followed me after. Umandar ang kotse at nagpatuloy ang pag-uusap namin.

"***Anong balak mo kay Jay-jay?***" Mr. Ryder ask.

"***I have to get back home soon to make sure that no one will hurt her.***"

Kailangan ko ding maka-usap sila Yuri. Sya lang at ang iba pa ang maasahan ko sa ngayon. Kailangan ko din maka-usap si Angelo at ang Mama nya.

Hindi ako pinatulog ng bagay na yon. Pano nga kung sya? But it's really imposible.

I used to idolize him before. I even copied his action thinking that I will be like him or more than him. I know that I'm not the only one. Aries, Yuri and Percy are doing the same thing.

Naalala ko din ang mga lakad namin na hindi alam ng iba. Kaya mas kilala ko pa ang mga kaibigan ni Angelo kesa kay Aries na kinikilala nyang kapatid. Yun din siguro ang dahilan kung bakit napagkakamalan din kaming magkapatid noon.

But the idea of being real brothers? I don't think so. That's look awful for me.

Bigla nalang huminto ang kotseng sinasakyan namin. Mr. Ryder and I almost hit each other while Honey fell straight to the floor.

***"The hell!"*** She shouted.

***"Someone blocked our drive way."*** One of my bodyguard said.

***"Can't you find another way?!"*** Inis na tanong ni Honey habang inaayos ang nagulo nyang buhok.

Sinubukang ireverse ng driver ang kotse pero bago pa man kami makalayo may bumaril sa driver namin. Napasigaw ng malakas si Honey at napayuko naman kami ni Mr. Ryder.

Lumabas ang isa sa bodyguard na kasama namin at tinutukan ng baril ang kotseng humarang samin kanina.

Ganun din ang ginawa ng ibang bodyguard na nakasunod samin.

***"What the hell! What the hell!"*** Paulit na sigaw ni Honey.

***"Shut up!"*** Sigaw ko sa kanya.

Sinilip ko kung ano ang nangyayari sa labas. Bumukas ang pinto ng driver's seat at nakataas ang dalawang kamay na lumabas ang driver nito. A man wearing a black suit.

Pamilyar sakin ang lalaki. Alam kong nakaharap ko na sya pero hindi ko maalala kung saan. I keep staring at him until he walks toward the backseat door.

***"Don't move! Get down!"*** One of my bodyguard shout.

***"Relax! Someone wants to talk to Mr. Keifer!"*** He answered.

I arch a brow. If that someone wants to talk to me, they should have said so. They don't need to shoot my driver—if they are really the shooter.

Bumukas ang pinto ng kotse sa tapat ng driver's seat. One of my bodyguard pulled the dead driver out of the car.

**"*Let's get out of here!*"** I command.

**"*We can't Sir. We're still checking the perimeter.*"** He answers before leaving.

**"*Hey! You can't leave us here!*"** Honey shout.

Hindi naman kami iniwan ng mga bodyguard. Most of them is at the front of our car, protecting us from any possible danger.

Binalik ko yung tingin sa lalaking lumabas ng kotse. Nakarating sya sa back seat at binuksan ang pinto. Unti-unti'ng bumaba ang sakay nito.

Nanlaki ang mata ko ng makilala kung sino ang sakay sa back seat. It was Dylan, my father's hitman. At kasabay ng tuluyan nyang paglabas sa kotse ay ang pagtutok nya ng Armalite samin.

Hindi ko na nakita ang mga sunod na pangyayari. Mr. Ryder suddenly pull me down and Honey. He covers us using his own body. I can hear the multiple gun shots but I don't know whose exactly gun is it.

Honey keeps shouting everytime a bullet hits our car. Nabibingi ako dahil sa ingay sa paligid.

*Is this the end of my life?*

I haven't celebrate my 18th birthday yet. Hindi pa ko nakaka-graduate ng highschool. Hindi ko pa nga ako nakakatuntong ng college. And I still haven't ask Jay-jay to marry me.

Hindi pwede! Hindi ako pwedeng mamatay dito! Hindi ako mamatay ng walang laban.

The sound of gun shots slowly decreases. Sinubukan kong sumilip sa labas pero pinipigilan ako ni Mr. Ryder. Nakarinig ako ng tunog ng humaharurot na kotse at pa-isa-isang putok ng baril.

Bumukas ang pinto ng kotse na sinasakyan namin at dun lang ako binitawan ni Mr. Ryder.

**"*Sir! Are you alright?*"** One of them ask.

**"*Yes, we're—.*"**

Honey shouts that make me stop. She's crying while looking at her Uncle. My eyes grew wider when I realize why.

**"*My Uncle is bleeding! He needs help!*"** She said.

He got hit.....*and it's because of me*. He tried to protect me kahit ang buhay nya ang pwedeng kapalit.

Hinatak ako ng isa sa mga bodyguard palabas ng kotse at pilit pinasakay sa isa pang kotse na ginagamit nila. Ganun din ang ginawa nila kay Honey na patuloy pa rin sa pag-iyak.

Dun ko lang napansin ang mga katawan na nakahandusay sa daan. Most of them are my bodyguards and one unfamiliar person.

Alam kong hindi sya si Dylan. Maybe one of the person he's with.

**"*We have to save my Uncle!*"** Honey shouts while crying.

**"*We will rush him to the nearest hospital!*"** Again, one of them answered before closing the car door.

They start the car and immediately drive it away.

I'm still speechless. Unable to say a thing. Completely shocked because of what happened to Mr. Ryder.

**"*Stop the car! I want to be with my Uncle!*"** Honey said while begging to the driver. **"*Please! I want to be with him!*"**

Napilitan akong yakapin si Honey para patigilin sya sa pang-gugulo. Patuloy pa rin sya sa pag-iyak. I can't blame her, I know what exactly she feels.

Uncle na nya ang nagpalaki sa kanya matapos mamatay ang mga magulang nya sa aksidente.

**"*Keifer... Please! I want to be with my Uncle. I want to be with him. Please...*"**

I look at the driver. **"*Drive to the Hospital—.*"**

He cut me. **"*But we have to move you to a safer place.*"**

**"*Just do what I said! We want to see Mr. Ryder now!*"**

Hindi na sya sumagot at pinagpatuloy ang pag-da-drive. Honey keeps crying but unlike before she calms down now.

Hindi mawala sa isip ko ang nangyari kanina. Dylan is here which means Dad is also here. Sooner or later he will show up himself to us and I'm not ready.

Hindi ko pa sya kayang harapin. Sigurado ako na hahanapin din nya ang password sakin. *Dammit!* He will surely use my brothers to make me say it.

*I don't know what to do!*

My cousin and other relatives are using Jay-jay. They're using my weakness against me. And now, Mr Ryder is in the Hospital because of me.

I'm not sure if I want to keep me inherit. How will I protect those gold and treasures when I can't even protect my love ones? Especially Jay-jay.

Does it mean I have to give up and gave away those gold? Pero kapag ginawa ko yon parang nauwi na rin sa wala ang pagkamatay ni Mom.

*I have to think wisely.*

Kung bibitawan ko nga ang mana ko, titigilan ako ng Halimaw kong Ama at ganun din ang mga kamag-anak ko. Pero liliit naman ang kakayahan ko. Mapo-protektahan ko lang ang mga tao sa paligid ko kapag malapit ako sa kanila.

Kung tatanggapin ko naman ang mana, magiging malawak ang kaya kong gawin. I can hunt down those who threatened us. Mas malaki ang chance na maprotektahan ko sila kahit nasa malayo ako.

I'm starting to feel headaches.

Although I still have a month to think about this, Ia already feel too much pressure. This is exhausting. Wala pa kong masyadong ginagawa pero parang bumibigay na ang katawan ko sa pagod.

Nakarating kami sa ospital kung saan dinala si Mr. Ryder. Hindi na hinintay ni Honey na pagbuksan sya ng pinto. Sya na ang gumawa non at dali-daling tumakbo papasok sa loob ng ospital.

Sumunod naman ako agad sa kanya. Sa receptionist ko sya naabutan at nakikipag-usap sa isa sa mga nurse. Kasama nya ang isa sa bodyguard na nagdala sa Uncle nya dito.

"***He's still inside the Operating Room. I suggest you wait for a while.***" Sabi ng Nurse kay Honey.

"***You don't understand. I want to know if his alright!***" She almost shout.

"***Our Doctors are trying their best to save him.***"

Bago pa man mapa-away si Honey, inakbayan ko na sya at pasimpleng hinatak palayo.

Pinaupo ko sya sa isa sa mga bakanteng bench sa waiting area.

"***Get her a water.***" Utos ko sa bodyguard na nakasunod samin.

Halatang pinipilit ni Honey na pigilan ang luha sa pagbagsak. Makailang ulit nyang sinabunutan ang sarili at nagbuga ng hangin.

"***He will be alright.***" I finally said.

Ayokong magsalita ng kahit ano sa kanya. Alam kong ako ang sinisisi nya sa nangyari. Sino ba ang pwedeng pagtangkaan samin? Ako lang naman ang pwede nilang targetin.

"***I am blaming you for this.***" She said without looking at me. "***Kapag may nangyaring masama kay Uncle, hinding hindi kita mapapatawad.***"

I'm already expecting this. I feel more than guilty right now. Uncle nya ang tumulong sakin sa maraming bagay simula ng mawala si Mom. He's not just a lawyer for me. He's also a friend.

"***I think its better kung puntahan mo na ang mga Elder's. Hindi magandang paghintayin sila. Ako na ang maghihintay sa Doctor at sa sasabihin nya.***"

I know she don't want me here. She wants me to leave. Sino ba naman ang gugustuhing makasama ang dahilan kung bakit nasa operating room ang taong mahalaga sa kanya.

I didn't say a thing. Tumayo ako at iniwan sya kagaya ng gusto nya. I talk to one of the bodyguard and ask them to look for Honey for me and make sure she's safe.

They nodded and I walk out of the Hospital. Sumakay na ko sa kotse at inutasan ang driver na ihatid ako sa old mansion.

Kailangan ko ng harapin ang mga Elders. I have to talk to them as they requested. Bilang pagrespeto—kahit ang sarap nilang bastusin—haharapin ko sila.

And didn't take that long before we reach the Old Mansion of Watson's. Lumabas ako agad paghinto ng kotse. Sinalubong ako ng isa sa mga Mayordomo ng bahay.

"***Keifer... They're waiting for you.***" He said and start walking.

Sinundan ko sya. Inayos ko ang sarili ko habang naglalakad. Pinagpag ko ang coat ko at sinuklay ang buhok ko.

Huminto kami sa tapat ng malaking pinto na nasa ground floor lang din ng bahay. Binuksan yon ng Mayordomo at mabilis na tumabi para makadaan ako.

Salubong ang kilay ng mga Elders habang nakatingin sakin.

"***You keep us waiting, Keifer. What took you so long?***" Sabi ng isa sa kanila.

"***We encountered problem while we were on our way.***"

Narinig ko ang pagbubuntong hininga ng pinaka-matanda sa kanila. Yung may hawak palagi ng tungkod kahit kayang-kaya pa naman nyang maglakad ng diretso.

"***Let's get straight to the point. We want to know what you have seen on the Watson bank.***" The youngest said.

Lima ang Elders na natitira sa pamilya ng Watson. Apat sa kanila ang kaharap ko ngayon samantalang ang isa, naka-upo nalang sa malambot nyang sofa at nagbabasa ng libro. Sya rin ang nagbigay sakin ng susi ng bangko.

Sa kanya ko lang din nalaman na hindi pala alam ng mga kamag-anak namin na nasa kanya ang susi. Sinadya ng Lolo ko na iwan sa kanya yon dahil sa lahat ng kamag-anak namin sya lang ang walang interes sa yaman ng Watson.

I walked toward the empty seat in front of the oldest Elders. Nakaupo sya sa mahabang leather couch samantalang nakatayo ang tatlo hindi kalayuan sa kanya.

**"*Can I sit first?*"** I ask permission from them.

Sinenyasan lang nya ko gamit ang kamay nya. Naupo ako at inayos ang coat ko.

Ang totoo kanina ko pa gustong bumagsak sa sahig. Ang bigat sa pakiramdam ng pinagdaanan ko.

**"*Answer our question.*"** Utos ng isa sa kanila.

*Can't you wait?*

**"*What do you expect to see in a bank?*"** I answered sarcastically.

They obviously don't like my answer but they try their best to remain calm and expressionless.

**"*Bastard.*"** One of them whispered but I still heard it.

**"*It's what you exactly expected.*"**

I can't give them a direct answer. Maari kasi na hindi pa talaga nila alam ang laman ng bangko. Pero pwede ring alam na talaga nila and they're trying to play games with me.

Napansin ko ang pag-ngi-ngitian ng tatlo sa kanila na pare-parehong nakatayo.

**"*Keifer...*"** The oldest speak. **"*I would like to ask you a question.*"**

**"*Go ahead.*"**

Meron syang kinuha mula sa loob ng coat nya. Pabato nyang binaba ang dalawang picture sa coffee table.

I try my best not to react. The oldest really know how to play a damn game.

**"*That girl is your girlfriend. Is that right?*"**

I almost clenched my fist. I can say '*no*' but they obviously won't believe that.

***"And that man is named Michael Angelo."*** He added.

Parang alam ko na ang gusto nilang sabihin. Hindi ko inaasahan to.

***"Isn't great, that your girlfriend and that man is related to each other? What a coincidence!"*** He said and laugh. ***"...and you know what the most amazing part?"***

I didn't answer and he continue talking.

He smirks like he wins a game. ***"That Michael Angelo is candidate as the missing child of your father."***

*Dammit!*

Sinasabi ko na! May alam sila na hindi ko pa alam. But he said *candidate*, which mean they don't have any prove yet.

***"Amazing indeed."*** I said trying not to sound sarcastic.

***"You knew it, do you? You knew that he could be your missing 'older' brother. You took a chance to investigate him by being a relationship with her cousin."***

*Wow, just....wow.*

I suddenly burst out laughing because of what the oldest said. Hindi ko alam na ang lakas din pala nilang mag-imagine pati mga bagay na ganon naiisip pa nila.

They should meet Ci-N, they would probably enjoy each other's company.

Kita ko ang pagseryoso nila na parang hindi natuwa sa naging reaksyon ko. I stop laughing after a while.

***"I'm sorry... I didn't mean to laugh. It's just that..."*** I try to hold my laughter. ***"... everything that you said doesn't make sense."***

***"Is that so?"*** The youngest Elder said sarcastically. ***"...then explain to us who is this girl in your life and how did you met Michael Angelo."***

Kung ganun hindi pala nila nasusubaybayan lahat ng nangyayari sakin. That's a relief, at least I can still move without them knowing.

***"Angelo and his brother are used to be my friend but things got fvcked up and we separated ways. Unfortunately, his brother and I become rivals. Which mean I met him first before that girl."*** I explain and they look at each other.

Kinuha ng pinaka-matanda sa kanila ang picture ni Jay-jay. I want to snatch it away from his hand. Alam kong may plano ang mga matatandang to kaya nila pinakita sakin ang Picture ni Jay-jay.

*Wala naman talaga syang kinalaman dito!*

***"What is your exact relationship with this girl?"*** He said while playing the picture on his hand.

*Think Keifer!*

They will use Jay-jay against me. I have to think faster. Hindi sya pwedeng madamay dito. Pano kung mangyari sa kanya yung nangyari sakin kanina.

***"She's...s-she's—."***

***"She's your what?"*** The oldest ask as if he can't wait for my answer.

Think! Kailangan kong maging maingat sa isasagot ko.

Napatingin ako sa picture ni Angelo na nasa coffee table. Nahagip din kasi sa picture ang muka ni Aries.

*Jay-jay...*

***"She's nothing... I'm just using her for my revenge."***

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 264

**A/N:** Wew... Sa mga hindi nakakapansin. Yung past chapter ay parang flashback lang kay Keifer. Then yung chapter na to balik na sa reality pero yung timeline nito is yung time na nakita nyang hinalikan ni David si Jay-jay.

**Fight & Kiss**

***Keifer's POV***

**"Keifer! Where the hell are you?"**

My eyes automatically open. It was Honey's voice echoing in my head.

Pinilit kong igalaw ang ulo ko and pain immediately kicks in. Nasuntok ko ang ulo ko dahil sa sakit. Ngayon lang ako tinamaan ng alak ng ganito. Or maybe because I don't have a proper sleep.

I shook my head to remove the pain. Bumangon ako at lumapit sa pinto. Napahinto pa ko ng mapagtanto'ng wala ang pinto sa harap ko.

*I forgot!*

Nasa ibang kwarto nga pala ako. Iba ang angle ng kwarto nato sa kwarto ko. Minulat ko ang mata ko at hinanap ang pinto palabas.

**"Keigan! I can't find Keifer!"** Honey shouts.

Ang matinis at nakaka-inis na boses ng babaeng to ang bumungad sakin pagbukas ko ng pinto. Pero mas okay na to kesa naman makita ko syang umiiyak ulit.

**"Can you shut your mouth?"** I said in irritating tone.

She looks at me with an arch brow. **"Andyan ka lang pala? Damn it! Inistorbo pa ko ng kapatid mo!"**

Tinalikuran nya ko at naglakad na paalis. Pumasok naman ako sa kwarto ko. I remove my shirt and throw it away. Wala na kong paki kung saan mapunta yon.

Pati pants ko at natitirang damit hinubad ko na rin. Pumasok ako sa banyo at muntik pa kong mauntog sa pinto.

*Open your eyes widely Keifer!*

I place myself under the shower and turn it on. Malamig na tubig ang pinanligo ko para mahimasmasan. Kailangan kong pumasok ngayon....*kailangan ko.*

Fvck! I don't like what I feel right now. The weird feeling in my chest is dragging my whole body in it. Bakit hangang ngayon parang may butas pa rin ako sa dibdib?

**"Jay... What have you done to me?"** I said and start sobbing.

Bakit ako nagkakaganito? I'm a man I should not cry like this just because of a girl and a pain that she'd cause. Hindi dapat ganito ang nararamdaman ko.

She's ruining me. She's breaking me into pieces and the worst part is I'm letting her to do this to me. Why did I let her? Why I am letting her?

Sya lang ang nakagawa sakin nito. I never reacted like this before. Kahit kay Ella, puro galit lang naramdaman ko. Despite knowing that she never loved me.

*Is this the payment of loving Jay-jay too much?*

They say Watson are not allowed to fall in love, they will turn into a beast. But I'm not turning into, I'm breaking like a shuttered glass.

The pain, it's making me feel empty and numb. Ayoko ng ganitong pakiramdam. Pero kahit ganito, gusto ko pa rin syang makita. I badly wanted to see her.

*She's my strength.*

Without her I'm completely weak.

**"I love you *my* Jasper Jean..."**

Tinapos ko ang dilema ko at pinatay na ang shower. I grab a towel and dried myself. I walked toward my walk in closet. Humarap muna ko sa salamin at tinignan ang mga pasang gawa ng tauhan ni Clyde. It was now fading out.

My stupid cousin is a big pain in my ass. Sa totoo lang mas papasa pa syang kapatid ko kesa kay Angelo. Magka-ugali kami pagdating sa ilang bagay. Ang isa siguro sa pinagka-iba namin ang palagi nyang pag-ngiti at mababang tingin nya sa mga babae. Mas magaling din syang makisama sa ibang tao, business partners or not.

But I'll admit, sometimes I envy him for having too much confidence. Wala syang kinatatakutan. Nakuha nga nya ang position na CEO ng Watson Enterprise ng walang kahirap-hirap.

Kumuha na ko damit at nabihis. My regular white polo shirt uniform. Kapag suot ko ang damit na to pakiramdam ko normal na tao lang ako. Karaniwang istudyante, nag-aaral, nakikipag-kaibigan at nagmamahal.

Sa totoo lang matagal na kong pwedeng lumipat ng school. Ganun din si Yuri pero pinili namin nag magstay. Hindi ko alam ang dahilan nya. Inisip ko nalang na ginagawa din nya ang ginagawa ko.

Gusto ko kasing inisin si Aries. Gusto ko ipamuka sa kanya na kahit kelan hindi nya ko matatalo. Hindi hamak na mas matalino ako sa kanya at mas magaling sa sports. Balak ko sanang talunin sya. Kaso mautak ang luko, enrollment palang nilagay na nya kami sa Section E. Ang masama pa, dinamay nya si Felix.

Sinigurado din nyang babaliwalain na kami ng board members. They are fools for following Aries.

After completing my attire, I look at my own reflection.

*I look miserable.*

I never felt conscious about my looks until now. Hindi ako pwedeng makita ni Jay-jay ng ganito. Ayokong isipin nya na nasaktan ako ng sobra. Masasaktan din sya kapag nagkataon.

Palagi ko nalang syang nasasaktan. Ayoko ng mangyari yon. Sinubukan kong ayusin ang buhok ko but I still look the same.

Napabutong hininga ako. I look for a hair comb pero wala akong makita. I open one of the drawer to look inside. Habang naghahalungkat meron akong nakita.

It was a wallet size picture of Jay-jay. She's wearing the Sexy Santa Claus costume that she received on our Christmas Party. I print those pictures that she send to me as a souvenir for myself.

I can't stop smiling.

Yun yung mga araw na gusto ko ibalik. Because those are the days that we can be happy without risking anything.

**"My Jay-jay."**

I heard a loud knock on my room door. Sounds like someone want to break it.

**"Kuya! Are you still there?!"** Keigan said while knocking hard.

I put Jay's picture at my chest pocket. Naglakad ako pupunta don at binuksan yon.

Keigan look so stress. Magulo ang buhok at hindi pa naka-ayos ang uniform.

**"Let's talk."** He said.

Tinalikuran ko sya at kinuha ang bag ko sa ibabaw ng study table.

**"Maybe later."** Walang gana kong sagot at nilagpasan sya.

**"Can you see yourself?!"** He shouts but I choose to ignore him.

I continue walking until I reach Keiren's room door. I knock and waited for him to open it.

**"What?"** He said while rubbing his eyes.

He still wearing his pajamas. Mukang ang katok ko ang nakagising sa kanya. I can't believe Keigan didn't wake him up.

**"Get ready. You're going to be late for school."**

**"I'm not going to school. Ayoko na pumasok."** He said in a serious tone.

I glared at him. **"Bakit? Pumayag ba ko? Get ready or I will make you."** I command with authority.

**"Sabi ni Kuya Keigan wag na daw ako pumasok. Hindi mo rin naman daw mapapansin."**

I immediately look at Keigan who's walking toward us. He looks different now. He looks clean and he's wearing his uniform properly now. His hair is also properly comb. Parang naging ibang tao na sya.

**"Bakit mo sinabi yon?"** I ask trying to remain calm.

**"Bakit hindi ba?"** He answers in sarcastic tone. **"You're too busy with your girl, mukang nakalimutan mo ng may kapatid ka pa."**

The way he talks makes me think that he's not Keigan. Ibang-iba sya kung sumagot sakin ngayon. Kung hindi lang dahil sa muka nya iisipin ko na ibang tao sya.

He suddenly smirks. **"Tingin mo ba loyal sayo yang girlfriend mo?"**

I feel irritated. **"What did you just said?"**

**"See? You can't even pay attention and this all happened because your head is occupied with your stupid thoughts about her."**

**"Shut the fvck up Keigan!"** I shouted while clenching my fist.

**"Why? Afraid to hear that you're not the only man in her life?"**

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Hinablot ko ang damit nya at sinandal sya sa pader. For some reason he doesn't show any fear on me unlike before. He can still smile while I'm furiously mad at him.

**"Don't you dare!"**

**"Mahigit sampo kayong kaklase nyang lalaki. Most of them are his friend. You think none of them felt attractions to her, especially that she's the only girl in your room?"** He said and smile. **"...maybe they're doing something behind your back. Maybe they're fvcking her while you are busy."**

**"Shut up! Shut up!"**

**"Why don't you ask your friends? Maybe one of them already claimed her before you do."** He laughs. **"Maybe one of them already fvck her."**

**"Don't test my patience!"**

He laughs again like he's an evil person. **"Hindi mo matanggap? Pano pa kaya kapag lahat ng to kalokohan lang? Pano kung may plano pala ang Jay-jay na yon sa inyong lahat?"** He looks at me seriously. **"...baka kagagawan to ni Aries. Baka pinadala nya ang babaeng yon para sirain kayo? Para landiin kayong lahat. Ikaw naman si TANGA nagpa-uto!"**

I'm trying to hold my anger. My breathing feels so heavy.

**"Hindi ka talaga nya mahal, inuuto ka lang nya kagaya ng Ex mong si Ella. Gagamitin ka lang din nya."**

**"My Jay-jay will never do such thing!"**

Hindi nya yon magagawa. Hindi sya ganong tao. Wala syang dahilan para gawin yon sakin. Hindi'ng-hindi nya yon gagawin.

**"Let me guess, you're convincing yourself now that she will never do that."**

I didn't say a thing.

**"I knew it! Yun nga lang huli ka na. Nagawa na nya—!"**

**"No!"**

**"—naloko ka na nya!—"**

**"No! Stop!"**

**"—malamang nalandi nya na ang mga kaibigan mo!—"**

**"Shut up! Stop!"**

**"—and the next thing you know? Iba na ang nilalandi nya!"**

**"STOP!"**

Ayokong saktan si Keigan. Hanggat maari pinipigilan kong magalit sa kanya. But I can't control it anymore. His words are making me furious. I am burning with anger.

I punch the wall beside his head. I punch it until it forms a hole. My knuckle is in pain but it's nothing compare to what I feel in my chest. Napatigil ako ng makita kong nakapikit sya at umiiyak. Nanginginig din sya sa takot.

**"I'm s-s-sorry. W-whatever I said... P-p-please don't believe it. I didn't m-mean to s-say it."** He said between his sobs.

Nabitawan ko sya. What is happening to Keigan? Iba ang humarap sakin kanina. Iba rin sya nung magsalita sya ng hindi maganda. At ngayon parang ibang tao na naman sya.

Ilang beses na syang nagkakaganito. Hindi ko maiintindihan ang nangyayari.

Napaupo sya sa sahig habang umiiyak. Parang takot na takot sya sakin at hindi na makagalaw. Yakap-yakap nya ang sarili.

*What have I done?*

Nasabunutan ko ang sarili ko. Tinignan ko si Keiren na nagkasilip samin mula sa likod ng pinto ng kwarto nya. Kita ko sa mga mata nya ang takot.

Ano bang nangyayari sakin? Hindi ko naman to ginagawa dati. Hindi naman ako ganito sa kanila.

**"H-hindi ko sadya Keigan."** I said and kneel down beside him.

Pinilit nyang isiksik ang sarili sa pader para lang malayo sakin. I immediately hug him. Ramdam ko ang panginginig nya. Sinusubukan din nyang itulak ako pero naging mahigpit ang yakap ko sa kanya.

**"Hindi ko sinasadya yon. Maniwala ka."**

**"P-please... I-i will n-never do t-that again. Don't s-send me b-b-back to Dad. P-p-please... I don't w-want to be with h-him. H-h-he will hurt me a-again."** He said that broke my heart.

Hanggang ngayon dala-dala nya pa rin ang takot na yon. Akala nya kapag may nagawa syang mali ibabalik ko sya kay Dad. Ilang ulit ko ng nilinaw na hindi ko gagawin yon pero may pagkakataon na parang hindi nya naiintindihan yon.

**"Ssshhhh... H-hindi ko gagawin yon. Hindi kita ibibigay sa kanya. Hindi ka na nya makukuha samin."** I said trying to calm him down.

**"H-he will point h-h-his gun in m-my head. H-h-he will kill m-me just l-like—."**

**"No. No. I will never allow him to do that. I won't let him hurt you."**

**"I w-want Mom. I-i want h-her."**

*Shit!*

**"Keigan... Mom is gone. She was killed."**

Narinig ko ang pagbalibag ni Keiren ng pinto. Alam kong nasasaktan sya kapag naririnig nya yon. Hindi na nya naranasang magkaroon ng Ina, pati Ama nawalan sya.

**"Keifer!"** Someone called.

It was Honey rushing toward us. Kasama nya ang mga kasambahay na tumitingin sa mga kapatid ko kapag wala ako.

**"S-sir... A-ako na pong bahala kay Sir Keigan."** Sabi ng isang Maid na lumapit samin.

**"Help me bring him to his room."** I command.

Pinagtulungan naming itayo si Keigan. Hindi ko inalis ang pagkakayakap ko sa kanya habang naglalakad papunta sa kwarto nya.

Patuloy pa rin sya sa pagbulong ng kung ano-ano. Pagdating sa kwarto nya agad namin syang inihiga at kinumutan.

His body look so vulnerable. Pakiramdam ko napapabayaan ko na nga sila. Hindi ko na sila naasikaso. Ako nalang ang meron sila pero mukang pati ako nawawala na rin sa kanila.

Nakatulog si Keigan habang hinehele sya ng Maid na tumulong sakin.

**"What is your name?"**

Tinignan nya ko. **"Kate Kristine Joy po. Ako po yung pumalit sa dating taga-alaga ni Sir Keigan."**

I nodded shortly. **"T-thank you for taking care of him."**

She smiled at me. I'm about to walk out of Keigan's room when I notice something. There's a few drops of blood on the floor. And now that I notice it, I look around and I saw scratches on the wall and wooden door. Gulo-gulo din ang mga gamit nya na nasa sahig.

**"K-kate..."** I called the Maid.

**"Sir?"**

**"What happened here?"** I ask while looking around.

Wala akong narinig na sagot mula sa kanya kaya tinignan ko sya. Napansin ko agad ang kamay nyang mahigpit na hinahawakan ng kamay ni Keigan. Nakapikit pa rin ang kapatid ko kaya nakakapag-taka na ganun ang pagkakahawak sa kanya nito.

**"H-hindi ko po alam. S-siguro po makakabuti kung iwan na po natin sya para makapag-pahinga."** She said. **"M-mauna na po kayo Sir. Babantayan ko po muna sya."**

Hindi ko gusto ang pagkakasalita nya sakin but there's something wrong. She looks begging by the way she looks at me.

I force myself to nod and leave. Paglabas ko ng kwarto si Honey ang bumungad sakin kasama pa rin ang mga Maid.

**"What the hell is happening? At bakit may butas ang pader? Ikaw ba may gawa non?"** Iritang tanong nya sakin.

**"Honey, gusto kong maka-usap ang Maid na nasa loob at yung mga dating nag-alaga kay Keigan. Make sure that he won't know anything about it."** I said and walk away.

Agad naman syang sumunod sakin. **"What for? Sagutin mo muna kaya ang tanong ko."**

**"There's something wrong with Keigan. Habang tumatagal mas napapansin ko yon at pakiramdam ko mas lumalala pa."**

**"Are you saying that he's sick?"**

**"I can't say that for now."**

Bigla nalang nya kong hinarang at pinahinto sa paglalakad.

**"Ano bang pumapasok sa isip mo? You haven't talk to your brother for a while and now you're accusing him of being sick."** Inis na sabi nya. **"Kung kausapin mo muna kaya sya ng malaman mo kung anong problema nya."**

I stared at her for a moment. *She's right.* Matagal na din kaming hindi nakakapag-usap ni Keigan, maybe he has a personal problem. Baka natatakot lang syang magsabi sakin.

But I'm not putting aside the idea that he's sick. Bumalik samin si Dad kasama si Keigan dati pero parang may mali na sa kanya. I try my best to show him that I will never allow someone to hurt our family again.

Unti-unti syang bumalik sa Keigan na kilala ko pero may mga pangamba sya na hindi nawawala sa isip nya.

**"Maybe, I will talk to him later after school."**

Pareho kaming nagpatuloy sa paglalakad. Dumiretso ako sa Dining Area. I need caffeine to wake up my senses. Kahit ito lang muna. Kailangan ko ng lakas bago ako pumasok ng school.

Pagdating don nakita ko si Keiren na nag-aalmusal. Naka-bihis na sya ng uniform at dala na rin ang bag nya.

**"I thought you're not going to school."** I said and grab the cup of coffee.

**"I don't want to stay here. Kuya Keigan is out of his mind again."**

**"Keiren, don't say things like that to your Kuya."** I scolded him but he ignores me. **"...Do you understand?"**

**"I do."** He said without looking at me.

Inubos ko na ang kape ko at hinintay matapos si Keiren. Ako ang maghahatid sa kanya sa school. Hindi naman ako naghintay ng matagal. Matapos uminom ng tubig ay naglakad na sya palabas ng bahay.

Sumunod ako sa kanya. Binilin ko muna si Keigan sa mga Maid. Alam kong aalis din si Honey dahil hindi naman sya pwede magtagal sa bahay.

Pinasakay ko si Keiren sa kotse at inayos ang seatbelt nya.

**"I can do it."** He said but I didn't let him.

Pagkatapos ayusin ang seatbelt nya dun palang ako sumakay. I start the car without saying a word.

**"Kuya..."** He called me. **"...Is it true? Dad is a bad person?"**

Napahawak ako ng mahigpit sa manibela. Ngayon nalang ulit sya nagtanong tungkol kay Dad.

**"Well, he did bad things."** *He killed our mother.*

**"How about Mom? Who killed her?"**

*A monster.*

I cleared my throat. **"You're still young to understand."**

He no longer says a thing until we reach his school. Hinayaan ko syang bumaba mag-isa at tinanaw nalang sya papasok ng gate.

Before I leave, I make sure all Keiren's bodyguard are in their position. Gusto kong nakakagalaw pa rin ang kapatid ng maayos kahit may nakabantay. Nakapaligid sila sa school na may iba't ibang ayos.

Some of them even work inside the school. Pinadagdagan ko sila ng makumpirma kong bumalik na ang halimaw kong Ama.

The same process goes to Keigan. Nasa kalayuan din sila at hinahayaang makagalaw ng maayos ang kapatid ko.

Pero hindi ganun ang sitwasyon sakin. Walang nagbabantay sakin kapag nasa Pilipinas ako. Alam ko naman kasing walang ta-target sakin dito. Kapatid ko lang ang gusto ni Dad and besides I can defend myself.

Pagdating sa school pinarada ko na agad ang kotse. I'm almost late to our first subject. Baka kung ano na naman ang sabihin ng babaeng yon kapag nauna na naman sakin si Sir Alvin.

I saw Aries and his classmates looking at me like a predator ready to attack it's prey. I'm not in the mood to give a fvck about him.

Pero kung andito na sya baka andito na rin si Jay-jay. Kailangan kong makabawi sa kanya. Maling-mali na pina-iral ko na naman ang galit ko. Hindi ko man lang sya pinakinggan dahil sa sakit na naramdaman ko.

Kapag talaga nauunahan ako ng galit naba-blangko na ang isip ko. Maybe that's the reason why they call us curse. Dahil kapag nasaktan kami ng mahal namin nagiging sarado na ang isip namin.

Malapit na ko sa room ng makita ko si Mayo at Kit. They obviously fighting. Kulang nalang magsuntukan sila.

**"Tumigil ka na! Pano kung may makarinig sayo?"** Kit said.

**"Ano ngayon kung marinig nila? Natatakot ka?!"** Mayo answered.

Hindi ko alam kung anong problema nila pero nakaharang sila sa dadaanan ko. Parang hindi din nila napapansin na nasa malapit lang ako.

Pinilit maglakad ni Kit palayo kay Mayo pero panay naman ang pigil nitong isa. I rolled my eyes. Para silang mag-syota sa inaasta—.

**"Gusto mo ba si Jay-jay?!"**

Napatigil ako. I can't move a muscle from what I heard. Mayo just ask Kit if he likes Jay-jay.

**"Hindi ko sya gusto! Tumigil ka na nga!"**

**"Bakit mo sya hinalikan?!"**

Para akong nabingi sa narinig ko. He kissed Jay-jay. He kissed my Jay-jay. Nag-flashback sa isip ko lahat ng sinabi ni Keigan. Inaahas ba ko ng mismong mga kaibigan ko? Mas malala pa sila sa ginagawa ni Yuri. Niloloko lang ba nila ko? Niloloko lang ba nya ko?

In just a snap everything happened so fast. I found myself grabbing Kit and punching his face.

And no one can stop me.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 265

**A/N:** wew... Bawasan ko dw yung english hindi daw nya ma-gets. Hahahahahaha... By the way thanks po sa mga nag-correct ng grammar. Wala na kasi ako time, dalawang story ang ine-edit ko. Aayusin ko din mga yan... Sooner or later.

Para don sa inaabangan ang author's note ko. Hahahaha labyah!😍

Again, pagpasensyahan na ang grammar. Thank you! Mwuah!

**Give up**

***Keifer's POV***

They're all looking at me like I'm a criminal. I deserve it.

**"What the hell Keifer!"** Yuri said and grab me at my shirt. **"Sinaktan mo si Jay-jay at Kit ng dahil dyan sa paghihinala mo!"**

Tinabig ko ang kamay nya. Sa kabila ng nangyari hindi ko magawang ipakita na nagsisisi ako. Kahit yun naman talaga ang nararamdaman ko.

I'm full of regrets and agony.

Matagal bago ako nahimasmasan. Matagal bago ko na-realize na kinain na naman ako ng galit. Nasaktan ko sya. Nasaktan ko ang babaeng mahal ko at ang kaibigan ko.

*What the fvck is wrong with me?!*

Kasasabi ko lang na ayoko na syang saktan pero parang may sariling isip ang katawan ko. I knew she was already in pain. I noticed how she's having trouble walking. She even fell down earlier at the stairs.

Pero naging bulag ako sa paghihirap nya dahil ang sakit lang na nararamdaman ko ang inintindi ko. How selfish of me.

**"Ano bang nangyayari sayo Keifer?"** Ci-N almost whisper.

I can feel his fear at me. I look at him and the others with blank expression.

**"Masama bang magalit ako?"** I ask them.

**"Hindi masamang magalit. Pero masama yung ginawa mo! Pinairal mo naman yang init ng ulo mo!"** Yuri said still shouting at me.

I chuckled bitterly.

**"Hindi sya hinalikan ni Kit."** Someone said that make me stop.

I saw Edrix walking toward me. Bakas ang galit sa tingin nya sakin pero andon ang pag-aalala.

**"I heard them having an argument about it."**

**"Narinig ko din yon dati! Pero nilinaw ni Jay-jay na hindi natuloy yon. Tinangka lang ni Kit."** He explained.

*Shit! I'm a fvcking dim-witted!*

**"Are you telling me the truth?"**

Bahagya syang napailing. **"Hindi ako makapaniwala. Ganyan na ba talaga ka-kitid ang ulo mo!"** He shouted.

He's obviously mad. Hindi ko sila masisisi. Pinahiya ko si Jay-jay sa harap nila at ng iba ng dahil lang sa selos at galit ko.

**"...syempre totoo yon! Tingin mo ba basta-basta nalang papahalik si Jay-jay kung kanino? Mag-isip ka nga!"**

I almost laugh at his question. Napatingin ako kay David na namamaga pa rin ang muka dahil sa mga suntok ko. Kung pwede ko lang durugin ang bungo nya ginawa ko na.

I know Edrix is telling me the truth. Hindi sya nagsisinungaling sakin at wala rin syang dahilan para gawin yon.

Napaupo ako sa sahig kasabay ng pagsabunot sa sarili ko. What is wrong with me? Hindi naman dapat ako nagkaka-ganito pero pakiramdam ko masisiraan na ko ng bait.

Gusto ko ng matapos to! Gusto ko ng matapos ang paghihirap ko! Pati mga tao sa paligid ko nadadamay ng dahil sakin. Sa kanila ko nabubunton ang stress at pressure ko sa mga nangyayari sakin.

**"I think we should leave Keifer alone."** Yuri said to them.

**"Mabuti pa nga... Puntahan muna natin si Kit sa ospital."** Rory said.

**"Daan muna tayo sa faculty at magpa-alam tayo."** It was Calix.

They all walk together and leave me alone. Hanggang sa dalawang pares ng paa ang tumapat sakin.

**"K-keifer... Puntahan ko muna si Jay-jay. Muka kasing hindi maganda ang lagay nya."** Ci-N said.

I look at him and force a smile. **"Please do... I want to know if she's alright."**

**"Halata namang hindi sya okay."** Felix said. **"...sana naman Keifer, pag-isipan mong mabuti yung ginawa mo. Hindi sa lahat ng oras pwede mong pairalin ang init ng ulo mo."**

I just nodded and watch them leave. How can I control myself? How can I control this anger? Kung hahayaan ko yong pangunahan ako, masasaktan ko lang ng masasaktan si Jay-jay.

I don't want to see her suffer. What should I do?

Sa ganitong pagkakataon, isang tao lang ang naiisip kong kausapin. Sya lang ang makakapaglinis ng isip ko. Sya lang ang kilala kong makakapagbigay sakin ng magandang sagot.

I grab my phone and dialled his number.

**["*Keifer...*"]** Is the first word I heard from him.

**"Pwede ba tayong magkita? Kailangan ko lang ng kausap."**

**["*Sige. Sa dating lugar.*"]** He said and ended the call.

My mind is filled with so many thoughts. Pakiramdam ko hindi na matatapos ang araw na to.

*I'm sorry Jay...*

Hindi ako basta-basta humihingi ng tawad sa kahit na kanino. Ayoko ng ibaba at sisihin ang sarili ko. Pero para kay Jay-jay, handa akong lumuhod. Handa akong ibaba ang sarili ko.

Pinilit kong tumayo at maglakad paalis ng class room. Parang wala ako sa sarili habang binabaybay ang daan papunta sa parking.

Ni hindi ko na namalayan na halos lumagpas na pala ako sa kotse ko. Buti nalang at napansin ko ang kotseng nakaparada na muntik ko ng mabunggo.

I get inside my car and immediately start the engine. Pinilit kong mag-concentrate sa pagmamaneho dahil baka mabangga ako. Pero hindi ko pa rin maiwasan na hindi tapakan ng madiin ang gas.

Nakarating ako sa destination ko ng hindi ko namamalayan. Pinarada ko ang kotse ko at napansin kong narito na ang kotse ng taong gusto kong maka-usap.

He came here before I do. Maybe he's thirsty and ready to taste some alcohol. Mabilis akong bumaba ng kotse at pumasok sa loob.

*Kingsground...*

I remembered the first time I saw this place. It was just an empty building. Ginagawang boxing ring ng mga taong gustong magka-tapatan ng lakas. Tambayan ng mga istudyante'ng ayaw pumasok at taguan ng mga taong may ginawang kalokohan sa batas. I can't believe Tiger really pursue his dream.

To have a place where everybody is free. Free to have an alcohol, free to dance crazily, free to fight till death stop them and free to be whoever they wanted to be.

Akala ko hanggang biro lang yon. Usapang lasing nila ng mga kaibigan nya. Samantalang ako at si Angelo nakikinig lang habang tinatawanan sya.

Pagpasok sa loob, walang ka-tao-tao maliban sa mga crew na naglilinis at nag-m-map ng sahig. Kakasara ng disco section kaya ganito.

I heard a slow clap from not to far away. Tinignan ko kung sino yon.

**"Look who we have here!"** Tiger yelled while walking toward me.

Naka-suot sya ng sando'ng itim at short na puti. Kulay dilaw naman ang sapatos nya na ang sakit sa mata.

**"I'm looking for someone!"** I said.

**"I know... He's upstairs."** He answered and points to his office.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya. Umakyat ako papunta sa glass wall office nya. Soundproof ang lugar na to kaya walang maririnig na ingay mula sa labas o sa loob. Dahil glass wall ito kitang-kita ang stage at disco ground sa baba.

A great office for the owner of this place. Mahusay talagang magplano ang kulay dilaw na buhok na yon.

Pagbukas ko ng pinto, nakatalikod ang taong ka-meet ko habang naka-upo sa swivel chair. Umiinom na rin sya ng mamahaling Brandy.

**"You're late."** He said and take a sip. **"...or I'm too early?"**

**"I hurt Jay-jay."**

After saying those words his glass flew through me. It almost hit me in the head but I remain in my position.

**"Dammit Keifer! I told you to stay away from my cousin!"** He shouted while pointing at me.

Matagal na nung huling beses ko syang makitang magalit. But the feeling is still the same. May bahagi ko pa rin ang natatakot sa kanya.

*Michael Angelo.*

**"Anong ginawa mo sa kanya?"** He ask while trying to hold his anger.

I stared at him for a while. Pano nya nagagawa yon? Pano nya napipigilan ang galit nya? Kung tutuusin halos magkapareho lang kami. Mas nakakatakot nga lang sya magalit.

**"H-how did you do that?"** I ask out of curiosity.

Sandaling nawala sa isip ko ang dahilan kung bakit ako nandito.

**"What?!"** Naguguluhang tanong nya. **"I'm asking you about Jay-jay!"**

*My anger. I have to control it!*

Habang nakatingin sa kanya hindi ko maiwasang magdalawang isip na sagutin ang tanong nya. Baka patayin nya ko kapag narinig nya ang sagot ko.

**"I-i..."**

**"Aries called me earlier. Sabi nya baka daw umuwi si Jay-jay dahil masama ang pakiramdam. Nagtext ako sa bahay pero ang sabi nila wala pa sya."** He said. **"...may kinalaman ka ba don?"**

I lowered my head. **"She's at the hospital."**

Wala pang isang segundo ng maramdaman ko ang kamao nya na tumama sa muka ko. Hindi ko alam kung pano nya tinawid ang distansya namin sa isa't-isa.

Bumagsak ako sa sahig at namalipit sa sakit. Panga ko ang pinatamaan nya.

*Fvck his fist and punch!*

**"Mapapatay kita Keifer! Anong ginawa mo at kinailangan syang dalhin sa ospital?"**

**"H-hindi..."** The pain is giving me trouble to speak.

He grab my shirt and lift me up. He force me to face him.

**"Keifer... Speak now or I will break every bone in your body."** He said with authority.

His eyes are raging with anger. Totoo ang banta nya dahil kaya nya talagang gawin yon. He can literally break every inch of my bones.

**"I-i... I humiliate h-her in front... of many p-people and ignore... the fact that she's i-in... pain."** I explained while catching my breath because of pain.

Binitiwan nya ko at bumagsak na naman ako sa sahig. Pinilit kong maupo at sumandal sa glass wall. I catch my breath properly and rest at the same time.

**"What do you mean she's in pain?"** He ask calmly.

**"I don't know what happened but I noticed she's having trouble walking."**

He took his phone out from his pocket and dialled a number. He turn his back at me while waiting for someone to answer his call.

**"Hey... It's me."** He said. **"Please check the CCTV record around my area. Look for a girl wearing an HVIS uniform and riding a bike."** He paused for a while. **"...yes. I'm talking about my cousin Jay-jay."** He paused again and look at me. **"Sure. I owe you."**

Binalik nya ang phone sa bulsa nya matapos patayin ang tawag at lumapit sakin. Tumayo ako at pinagpag ang damit ko. I still feel a bit dizzy but I choose to ignore it.

**"Explained to me everything."**

Ginawa ko ang utos nya habang umiinom ng alak. Kapareho yon ng iniinom nya. Sinimulan ko kung panong nag-init ang ulo ko at naibunton ang galit sa kanila ni Kit.

He was listening intently while sipping from his new glass of Brandy. Inaasahan ko na magagalit ulit sya matapos kong sabihin ang totoo. Inihanda ko na rin ang katawan kung sakaling lumipad ulit ang kamao nya sa muka ko.

But after telling him what happened he didn't say a thing. He keep sipping from his glass until it's empty.

Hindi pa rin sya nagsasalita kaya ako na ang bumasag ng katahimikan.

**"Aren't you going to hit me again?"**

He shook his head. **"One punch is enough. Kung noon siguro baka binasag ko na ang bunggo mo pero ngayon... I can handle things without using my fist all the time."**

Tinitigan ko ang baso na hawak ko. Bahagya kong inalog yon at gumalaw ang yelo sa loob.

**"I don't know what to do anymore."** I whispered.

Angelo cleared his throat. **"To be honest with you, maganda na rin ang ginawa mo. You just push Jay-jay away from you."**

*Yes, I just did.*

Alam ko namang ayaw nya sakin para kay Jay-jay. Ayaw nyang mapalapit ako sa kanya. Ayaw nyang maulit ang nangyari sa kanya noon. Ayaw nyang mangyari yon samin.

I'm not damn. Kahit hindi nya ipahalata alam kong dala-dala pa rin nya ang nakaraan nya. Sa babaeng bumuo sa kanya pero dinurog din sya.

*Ion.*

**"...Matitigas ang ulo nyo."** Sabi nya at nagsalin ng alak sa baso nya. **"...Gusto kong mag-aral si Jay-jay ng maayos pero parang lalong tumigas ang ulo nya."** Nagbuntong hininga sya. **"Dapat yata pinalipat ko na sya ng Section noon pa."**

**"Do you hate me that much?"**

He stop before taking another sip from his glass.

**"What do you mean?"**

**"Do you hate me that much that you don't want me for Jay-jay?"**

**"I don't hate you but I don't really like you for Jay-jay."** He answered.

Kahit pala alam ko na ang bagay na yon hindi ko pa rin maiwasan na hindi malungkot. Parang lahat nalang ayaw sakin.

**"W-why?"** I feel numb from my throat.

**"Because you have a very complicated life. Ayokong madamay si Jay-jay sa gulo ng pamilya mo. Magulo na ang buhay nya at hindi kagaya mo ang kailangan nya."** He's looking straight at me while explaining **"...at isa pa... Nakikita ko ang sarili ko sayo."**

Siguro nga tama sya. Hindi ko na dapat idamay si Jay-jay sa gulo ng pamilya ko. Hanggat nakadikit sya sakin, sya at sya ang ta-targetin nila Clyde at ng mga Elders.

**"What should I do?"** Wala sa sarili kong natanong sa kanya.

His eyes filled with authority, like a King in his throne. No one can dethrone him from his position. And like before, his words are still powerful.

**"Push her away from you."**

Those words strikes me like an arrow. I have to push her away. It's the only way to protect her from my family... *From me.*

But pushing her away means... Hurting her.

*No.*

The image of her crying because of me is giving me so much pain already. But I don't have any choice. I have no other option.

Parang hindi ko kaya, hindi ko kaya na mapalayo sya sakin. Hindi ko kaya na mawala sya sakin. Mababaliw ako! Hindi ko kakayanin.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Napaluhod ako kasabay ng pagbagsak ng mga luha ko. Nabitawan ko ang basong hawak ko.

**"N-no... I-i can't."** I said and cry like a child.

Hindi ko alam pero pakiramdam ko dinudurog ako. Hindi ko kayang mawala sakin si Jay-jay. Hindi ko alam ang gagawin ko kapag nangyari yon.

Lahat ng nagugustuhan ko non, hindi ako ang gusto. Lahat nalang ginawa ko para maging akin sila. Pero walang saysay yon dahil si Yuri pa din ang nasa isip nila. At ako naiwang walang nagmamahal.

Ngayon nalang ako nabigyan ng pagkakataon na mahalin at magmahal. Pero bakit ganito ang kailangang mangyari. Bakit kailangan ko syang itulak palayo sakin? Pakiramdam ko wala na kong karapatan na maging masaya.

I heard a footsteps walking toward me. I didn't bother to look.

**"Look at yourself. You're weak."** Angelo said. **"...Pano mo sya ipaglalaban sakin kung hindi mo nga sya kayang protektahan mula sa galit mo?"**

*I'm not strong enough.*

**"...Show me our difference. Prove to me that you deserve her."**

*I will... I will prove to you.*

I will do anything to prove it. I will fight for her and I will never let her go. I will make myself stronger. But I have to protect her first. From my relatives and from me. I have to push her away. I need to do that.

*But I need you so bad... Jay-jay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 266

**A/N:** ako lang ba? Parang tunog probinsyano si Keifer kapag purong tagalog sya.

Meron akong surprise sa inyo. Tungkol sa AMNSE Part One!

**Soon!**

Sisihin nyo yung seller na kausap ko kung bakit dalawa lng UD ko. Ginalit nya ko!

Sa lahat po pala ng nagpapa-dedicate. Paanty lng po.

Again, pasensya na sa grammar. Thank you!

**Protect**

***Keifer's POV***

Wala ako sa sarili na naka-uwi sa bahay. Sa basement ako tumuloy kung saan ang tambayan namin.

Dumiretso ako sa Mini Bar at dumampot nalang ng alak. Hindi ko na nagawang tignan ang brand non. Basta ko nalang nilaklak para maibsan ang bigat ng kalooban ko.

But alcohol has no used. Kahit yata ubusin ko na lahat alak dito wala pa rin yatang magbabago sa nararamdaman ko.

Angelo is right. I have to push Jay-jay away from me but I have to feel numb in order to do that. Baka ako ang unang bumigay kapag nakita ko syang nahihirapan.

Pero hindi ko talaga kaya. Bibitawan ko ang buhay ko. Kapag ginawa ko yon, ikamamatay ko.

**"Kuya..."** Someone called.

I turn around to check. It was Keigan walking slowly in the darkness.

**"Gabi na... You should go to sleep."** I said in a calm voice.

**"Sobra-sobra na ang tulog ko. Maya-maya na siguro ako babalik sa kwarto."** He said and force a smile. **"...Do you have a problem? Why are you still up and drinking?"**

The way Keigan speaks makes me confuse. He's too far away from the Keigan I spoke this morning. He sounds normal.

**"Same things of course."** I answered.

May pagkakataon na nagsasabi ako ng problema sa kanya. Ayokong maramdaman nya na lumalayo ang loob ko sa kanya o sa kanila ni Keiren. Kaya hangat kaya kong sabihin sa kanya, sinasabi ko. But there are times that I have to shut my mouth.

Lumapit ako sa kanya at inaya syang maupo sa sahig. Sumandal kami sa likod ng couch para mas maging komportable. Kapag nasa ganito pwesto kami, para lang kaming normal na magkapatid.

**"How is your day?"** I asked him.

Matagal ko na din syang hindi naka-kamusta. Tama si Honey sa mga sinabi nya sakin kaninang umaga.

**"I sleep for a whole day."** He answered and shortly laugh. **"...How about you?"**

I shook my head. **"Not good."**

**"Why?"**

**"Things are being fvcked up."**

**"Do you feel pressured? Hindi mo naman kailangang madaliin. You still have a month to think about it."**

**"Hindi lang yon ang pino-problema ko."** I look down and shake the bottle of alcohol in my hand.

**"Is it about her?"**

Keigan voice suddenly sound disappointed. Alam kong hindi nya gusto si Jay-jay. For him, she was a hindrance.

**"Yes, it's about her."** He didn't say a thing so I choose to continue talking about her. **"...I have to protect her from Clyde and from me. But I can't let go of her. She's my life."**

I heard Keigan's sigh. **"Think of this Kuya. Kayayanin mo bang makita na may nakatutok na baril sa ulo nya o kakayanin mo bang makita na nasasaktan sya dahil niligtas mo sya."**

I shook my head. Actually there's no difference. Hurting her so bad is like killing her and me. Hitting to birds in one stone but the idea of her having a lifeless body is more horrible.

**"Parehong hindi ko kakayanin."** I answered and few tears drop from my eyes. **"...pero mas pipiliin kong saktan sya kesa hayaan syang mamatay ng dahil sakin."**

**"You don't have to feel bad about it. Kailangan mo talagang mag-sakripisyo. You can't protect both Jay-jay and us at the same time. Hindi mo kakayanin dahil wala pa sayo ang mana mo."** He said in a very calm voice. **"...But look on the bright side. Panandalian lang to, sooner you can have your money. You can protect her and never loose her again. You will have all the time in the world to win her back."**

I'm hopeless. I will never win her back. Once I let her go, Yuri or David will take advantage of that. They will do everything to have Jay-jay for their selves.

*And I will loose her forever.*

**"I hate my life."** I said and wipe my tears.

Keigan laugh. **"You wouldn't hate our lives."**

And I laugh with him. We're sitting on the floor, resting our back at the back of the couch and laughing together are bringing back memories.

*It's a wave of nostalgia.*

I really wished we have a normal family. A lovely Mom that's still alive. A supportive Dad that's put the family first. And the three of us, Me Keigan and Keiren.

**"I think we should go to bed. Especially you."** Keigan said and I couldn't disagree. **"...You look so stressed."**

**"I am indeed."**

Nauna syang tumayo at sumunod naman ako. Binalik ko muna ang bote na hawak ko sa Mini Bar bago naglakad palabas.

We're both in silence while walking together to our own bed rooms. I stop in front of Keiren's room door.

**"Mauna ka na. I'll just check Keiren."**

Nag-nod naman sya at nauna nang maglakad. Dahan-dahan kong binuksan ang pinto ng kwarto ni Keiren. His favourite mushroom lamp is on. It helps him calm everytime he's having trouble sleeping.

I slowly walk toward him. Pinulot ko ang kumot nyang nalaglag na sa sahig dahil sa kalikutan nyang matulog. Ikinumot ko yon sa kanya.

*Sorry Keiren, sorry kung hindi mo naranasang magkaroon ng magulang.*

Sinusubukan kong maging Nanay at Tatay sayo but I know it's not enough. Sana maging matibay ka kahit wala sila. Sana hindi ka mawalan ng tiwala sa sarili mo. Sana maging malakas ka, higit pa sakin o kay Keigan. Sana hindi ka maging kagaya ko.

Hinalikan ko ang noo nya bago lumabas ng kwarto nya. Dahan-dahan kong sinara ang pinto at naglakad na papunta ng kwarto ko.

I feel exhausted. Isa-isa kong tinanggal ang butones ng uniform ko. Pagdating sa kwarto ko hinubad ko ang polo ko. Saktong pagbato ko sa kama non, nalaglag ang isang wallet size picture.

*Nawala sa isip ko...*

Kinuha ko yon at pinagmasdan. Hindi kagaya kanina, hindi na ko napangiti ng makita ko ang muka nya.

**"Jay-jay..."** I said and sit at the edge of my bed. **"...I know there's a chance that you will never forgive me but I assure you, I will do anything to become stronger."** Binaba ko ang picture nya sa bedside table ko. **"...and when I do, I will protect you no matter what."**

*As of now, let me save you from my relatives and.....from me.*

Sa ngayon ang mga kapatid ko muna ang tututukan ko. Kailangan din nila ko.

Halos buong gabi kong inisip ang mga pwedeng mangyari. Hindi na ko nakapag-bihis at kusa nalang nakatulog. Amoy alak pa rin ako na sigurado kong kumapit na sa higaan ko.

Nagising ako dahil sa katok sa pintuan ng kwarto ko. Headaches again are kicking in. Pinilit kong bumangon kahit parang ayaw ng humiwalay ng katawan ko sa kama.

**"Kuya! Wake up!"** It was Keiren knocking at my door. **"Baka malate kami ni Kuya Keigan!"**

**"Okay! I'm up!"** I shouted.

Tumigil sya sa pagkatok. Hinilamos ko ang muka ko gamit ang kamay ko. Nahihilo ako at pakiramdam ko mabibiyak ang utak ko sa bawat kilos ko.

Pinilit kong bumangon at sa pagtayo ko, muntik na ko tumumba. Kailangan kong ihatid sila Keigan at Keiren sa school. At kailangan ko ding harapin si Jay-jay.

*It has to be today...*

Balak ko sanang palagpasin pa ng ilang araw. Ayoko namang saktan sya ng sunod-sunod pero yun ang kailangan. Ayoko ng patagalin pa dahil baka hindi ako makatiis at hindi ko na magawa ang balak ko.

Duniretso ako sa banyo at naligo. Hindi na ko nagtagal at nabihis agad. I look at myself in the mirror. My eyes are lifeless and cold.

Pagkatapos magbihis dumiretso na ko sa Dining kung saan kumakain ng almusal ang mga kapatid ko.

Keigan looks good today. Like he never cried yesterday. Normal din ang kilos nya kagaya ng natural na nakikita ko sa kanya.

**"Eat breakfast."** Dinig kong utos ng kung sino.

Tinignan ko yon at napataas ang kilay ko. **"Bakit nandito ka na naman?"** Irita kong tanong.

**"Walang almusal sa bahay, makiki-kain ako."** Honey answered.

I rolled my eyes. Ginagawa na nyang tambayan ang bahay ko. Tapos sasabihin nya na kinagagalitan sya ng Uncle nya dahil sa dalas nyang magpunta dito.

**"What's with your look? Muka kang problemadong masungit na binatang iniwan ng jowa."** She said before swallowing her food.

**"Kumain ka nalang kung ayaw mong hindi na maka-kain ulit dito."**

Nagkibit balikat lang sya at nagpatuloy. Kinuha ko ang isang baso ng kape at ininom yon. Wala talaga akong gana kumain. Hindi ko batid ang gutom ko dahil sa bigat ng nararamdaman ko.

Naunang matapos kumain sila Keigan at Keiren. I ask them to wait for me outside. Nang masiguro kong wala na sila nilapitan ko si Honey.

**"Asan yung Maid ni Keigan? Yung Kate."** I asked.

She suddenly stop eating and look at me with so much confusion.

**"Umalis na sya. Kagabi lang."**

My forehead crease. **"What?"**

**"Lumayas daw sabi nung Butler nyo."**

**"But why?"**

**"Don't know."**

Tinalikuran ko sya at hinayaang magpatuloy sa pagkain. Bakit naman sya aalis? Hindi ko alam kung pang-ilan na syang Maid ni Keigan na umalis ng bahay ko.

Pagdating sa garage nakita ko si Keiren na nakatayo sa tabi ng kotse ko. Keigan is standing silently while reading a book. Inayos pa nya ang salamin bago ilipat ng pahina ng hawak.

Pinili kong wag nalang pansinin ang pag-alis ng Maid. Next time ko nalang sila iintindihin.

I unlock my car and ask them to get in.

**"I will put my seatbelt."** Keiren said before I could touch him.

**"You said so."**

I let him do it and get in at the driver's seat. Pina-andar ko ang kotse at hinatid sila pareho.

Mag-kaiba ang school nilang dalawa. Keigan's school are focusing more on academics than other activities, such as sports. Bagay sa kanya ang pinili nyang school dahil matalino sya. Kung tutuusin pareho lang sila ni Ci-N.

Pagka-hatid sa kanila parang ayoko ng dumiretso sa school. Parang ayoko ng magmaneho at mas gusto ko nalang na ibangga sa potse ang kotse.

Parusa sakin to at magiging parusa rin kay Jay-jay. But I have to follow my plan. I have to save her.

Pagdating sa school, pinarada ko ang kotse at bumaba. Kakaunti palang ang pumapasok na istudyante dahil maaga pa.

Habang naglalakad palapit sa room namin, parang naglalakad ako palapit sa kamatayan ko. Mabigat ang bawat hakbang ko.

*Gusto ko ng matapos ang araw na to.*

Pagdating sa room, nasa loob na si Eman at si Josh. Kasama din nila si Rory at Edrix. Pareho-pareho silang tumahimik pagpasok ko. Dumiretso ako sa pwesto ko at walang ganang naupo.

Hindi nagtagal pumasok si Drew sa pinto kasunod si Blaster. Tinignan nila ko sandali at umiwas na para bang meron akong sakit.

May ilang sandali pa ang hinintay ko bago dumating ang iba sa kanila. Karamihan umiiwas sakin at para bang ayaw na kong makasama.

**"Aba! Iba talaga kapag makapal ang muka!"** Parinig ni Mayo bago maupo sa pwesto nya.

**"Pwede tumahimik ka nalang."** Sabi ni Kit.

Namamaga pa rin ang ilang parte ng muka nya. Ang alam ko muntik na syang ma-comatose buti nalang at mabilis syang nagising. Hindi ko nga lang alam kung bakit pinalabas na sya ng Ospital.

Hindi ko alam kung pano ihihingi ng tawad sa kanya.

**"Ang aga mo yata ngayon."** Bungad ni Yuri bago maupo. **"...may nangyari ba?"**

Tinignan ko lang sya sandali bago ibalik sa pinto ang tingin ko. I'm waiting for her to come inside.

Nakita kong palapit si Ci-N sakin. Agad ko syang sinenyasan na huminto.

**"Stay right there."**

**"K-keifer... Tungkol to kay Jay-jay."**

I arched a brow. **"And so?"**

Ramdam ko ang pakikinig ng mga kaklase namin. Alam ko din na hindi nila nagustuhan ang pagkakasagot ko.

**"What the hell is wrong with you? Keifer."** Yuri asked with an irritated sound.

**"Nothing is wrong me. Pero sa inyo meron."**

I heard few of them chuckled in disbelief.

**"Makinig ka muna Keifer."** Si Ci-N na parang nag-aalala. **"...K-kahapon si Jay-jay, na-aksidente. Kaya pala parang hirap na hirap sya."**

I knew it already. Angelo told me and showed me a CCTV footage from a crossing.

**"Who cares."** I answered sounding not really cared.

*But I do.*

Kasalukuyan na naming pinapahanap yung mga naka-motor. May clue naman na ako kung sino sila. Confirmation is all what I need and I will hunt them down.

**"Who cares? Sira ba ulo mo Keifer?"** Inis na tanong ni David. **"...Hindi ka man lang ba nakonsensya sa ginawa mo?"**

Hindi ko sya sinagot at tinitigan lang sila. Nagtinginan sila at para bang inaalam kung pare-pareho sila ng iniisip tungkol sakin.

**"Mukang eto na yon."** Felix said and all of them look at him. **"...Nagawa mo na yung plano mo kahapon. Tama ba?"**

"*Keifer...*"

"*Pano na si Jay-jay?*"

"*Akala ko tinigil na natin yun?*"

Halos sabay-sabay silang nag-react. Hindi nila matanggap ang sinabi ni Felix.

*Eto na yon.* Eto lang naiisip kong paraan. Ayoko sana nito pero eto ang pinaka-mabisang paraan. Alam kong magagalit din si Jay-jay sa kanila, but unlike me may chance na patawarin pa sila.

Iba talaga ang balak ko nung una. Balak ko sanang mag-envolve ng babae but knowing Jay-jay baka mabugbog lang nya yon.

**"Nagawa mo na ang plano mo. Ano nang balak mo kay Jay-jay?"** Eman said.

**"Sabihin nalang natin na nadala lang ng galit si Keifer. Wag na natin sabihin yung ginawa natin."** It was Blaster look so worried.

**"Magagalit satin si Jay-jay."** Ci-N said almost about to cry.

**"Hindi ko maintindihan tong ginagawa mo."** Yuri said

**"Sabihin na natin. Wala na, dun din naman pupunta tong usapan na to."** Eren sounds irritated.

**"Hindi nga natin pwedeng gawin yon!"** Kit said.

**"Sabihin mo na kasi ang totoo!"** David also shouted.

**"Wag mo ngang utusan si Keifer!"** Rory shouts at David. **"...Sasabihin din naman nya eh. Tamang oras lang ang kailangan."**

**"Naaawa na ko kay Jay-jay."** Ci-N said while looking down.

**"Sinabi na kasing tigilan na yang plano na yan!"** Eman said, he's obviously mad.

**"Kuwari kapa! Isa ka nga sa nanguna sa lintik na plano na yan!"** Sumbat ni Denzel.

Now they're pointing their fingers at each other. Pasahan ng sisi pero isa lang naman ang dapat sisihin dito.

*Kundi ako.*

**"Sabihin mo nalang ng maayos tapos humingi tayo ng tawad."** Blaster suggested.

**"Parang ganun lang kadali ano?"** Sarcastic na sabi ni Drew.

**"Hindi tayo patatawarin ni Jay-jay."** Yuri said.

**"Susuyuin natin sya."** It was Rory.

**"Hindi ganun kadali yun."** Edrix answered.

They keep suggesting things to do and blaming each other. But one thing is for sure. They want me to tell the truth. They want me to tell her.

But all the collisions stop when she step her foot inside our classroom. My heart beats so fast.

**"J-jay-jay...."** They almost whispered.

**"A-anung totoo? Anung plano?"**

And that moment, I know we're both going to have a broken heart.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 267

**A/N:** The long wait is over. I know, matagal. Pasensya na.

Ang cringe ng mga wrong spelling at grammar. Itatama ko yan. Hindi ko lang alam kung alin ang uunahin ko. Pasensya na.

Okay... So dapat limang chapter to. Tuwang-tuwa pa ko. Na-miss ko kasi mag-UD ng mrami. Then napansin ko nalang na mali pala yung dalawang chapter. Ang laki ng binago ko kaya natagalan.

Check out this stories.

**Love is life**

By: Essamaganda

AMNSE FanFiction

**Section E (New Generation)**

By: LhemorPatchie

**Happy Birthday!!**

Andrea Claire

Jhoana Lizardo

**Percy**

***Keifer's POV***

*Damn you Percy!*

Ngayon ka pa talaga bumalik. Why does he took Jay-jay? Where did he brought her?

**"Rory!"** I shouted. **"...find him! Find Percy now!"**

**"Ginagawa ko na!"** He answered while holding his phone.

**"Edrix! Any updates?!"**

**"Nahihirapan akong hanapin ang kotse nya! Wala bang nakakita ng plaka?!"** He asks before typing through his keyboard on his laptop.

**"Ngayon natatakot ka. After hurting Jay-jay and letting her run away, you're searching for her like a mad man."** David said that makes me irritated.

I immediately grab his shirt. **"Itigil mo yang bunganga mo kung ayaw mong dagdagan ko yang pasa mo."**

**"Kahit ganun ang ginawa ni Keifer, hindi ibig sabihin non na papabayaan na nya si Jay-jay."** Yuri said and remove my hand from David's shirt. **"...Hindi namin alam ang balak ni Percy sa kanya. Unless you want to tell us."**

Pinagpag ni David ang damit nya. **"Kahit naman gustuhin ko wala rin akong sasabihin. Hindi lahat sinasabi nya sakin."**

Gustong-gusto ko na syang pigain para makakuha ng impormasyon pero masasayang lang ang pagod ko. Dahil kagaya nga ng sabi nya, wala syang alam. At alam kung hindi sya nagsisinungaling.

My phone suddenly ring. I took it out of my pocket.

*Demon calling...*

It was Angelo. Parang alam ko na ang dahilan kung bakit sya tumatawag.

Lumayo muna ako sa kanila bago sagutin ang tawag.

**"Angelo..."** I said upon pressing the answer button.

**["*What have you done Keifer?*"]** He calmly ask.

Ang pagiging kalmado nya ang nagpapakaba sakin. Parang parating na bagyo pero paunang hangin palang ang pinadadama.

**"I followed your advice."**

I heard him sigh. **["*Let's talk about it. Same place.*"]**

He ended the call and I put my phone back to my pocket. Kailangan ko munang mahanap si Jay-jay. Baka kuhanin sya ni Percy at ilayo na ng tuluyan samin.

I will hunt you down Percy kahit hanggang sa kabilang buhay pa. Ibabalik kita sa libingan mo kung kailangan.

**"Nakita ko na!"** Edrix shouts and all of us walks toward him. **"...lumabas sila ng bayan. Naputol ang CCTV footage pagdating sa highway."**

**"You did a great job."** I said and patted his shoulder.

**"Sorry Keifer. Hindi nag-iwan ng trace si Percy. Mukang alam nyang hahanapin mo sya."** Rory said.

**"Fvck! Fvck you Percy!"** I shouted and almost hit the wall.

Alam na alam ni Percy kung paano ako kumilos. Malamang dahil yon kay David. Bwisit! Ang sarap nilang pagbuholin. At talagang gumamit pa sya ng taong hindi ko inaasahan na susunod sa kanya.

David has this Boss instinct and attitude kaya malabo ang ganung pagkakataon na susunod sya sa ibang tao.

*Kailangan ko pa syang matalo para mapasunod.*

I noticed Felix in the corner. He's in silence for almost an hour now. Hindi siguro sya makapaniwala na nagpakita na ang kapatid nya.

**"We can't just sit here and wait for nothing."** Yuri said.

I knew he's worried as fvck just like me.

I look at him. **"Hanapin nyo sila malapit sa huling kuha ng CCTV. Use my car and the others at home if you have to."**

**"Hindi ka sasama?"** Eman asks.

**"I will talk to someone who can help us find her."** I said and they all nodded.

They gathered their things and immediately walked out of our room. I ask Calix to go to Faculty and talk to Sir Alvin. Hahanapin kami ng mga teacher kapag nagkataon. Although most of them doesn't really care.

Naka-alis na sila dala ang kotse ko. I waited for a taxi outside the school gate but a car stop in front of me.

*Yuri...*

**"Hop in. Ihahatid kita sa kanya."**

I didn't say a word. I get in and he drive the car like he know where to go.

While looking outside the window I kept thinking about her. Hindi ako makapaniwala na nagawa ko yon. Nagawa ko syang saktan sa harap ng iba at kalmado pa ko ng mga oras na yon.

*No other excuse.*

Hindi ko alam kung pano ko nasabi ang mga salitang yon. Ilang beses na naglaro sa isip ko na wag ng ituloy pero hindi pwede. Muntik ko pang pigilan ang bibig ko sa pagsasalita but Jay-jay insisted to hear my answer.

Those words...*I used you.* Pakiramdam ko sinaksak ko ang sarili ko ng bitiwan ko ang mga salitang yon. But what broke me the most are seeing crying...

...And I can't do anything about it because I'm the cause of her tears.

Gustong-gusto ko syang yakapin ng mga oras na yon. Gusto kong paulit-ulit na humingi ng tawad sa kanya at sabihin na matagal ko ng itinigil ang planong yon. Gustong-gusto kong isigaw sa kanya kung gano ko sya kamahal.

*I badly want to... But I can't.*

Ngayon ko lang syang nakita na umiyak ng ganun. Pakiramdam ko sobra-sobra ang ginawa ko. My conscience are knocking me down. Maybe I should done things on the other way. Maybe I should've break up with her just like a regular couple.

But that's bullshit. Definitely bullshit! Wala nga pala kaming opisyal na label. At isa pa, hindi uubra sakin yon dahil paniguradong hindi ko sya matitiis. Pagtatawanan din nya ko at baka mainis lang sya sakin.

Too much pain are the best recipe to push someone away and I got the perfect ingredients.

**"We're here."** Yuri announced as he park his car.

I immediately get out of his car and he did the same. Hinarap ko sya bago pa ko makapasok sa pinto ng Kingsground.

**"It think you should search with them. Ako nalang ang kakausap kay Angelo."** I said and about to walk but he stop me.

**"Bakit Keifer? Bakit sinosolo mo na naman ang mga problema mo? When will you stop being like this? We're friends—*no,* we're best friend for so many years. Maybe we're rivals in some other things but we're still best friend."** He said sounds so worried.

Gustohin ko mang sabihin sa kanya mas mabuting hindi na. Ayaw kong idamay sya sa bigat na nararamdaman ko. Sa ngayon sya at mga kaibigan lang namin ang maasahan ko.

Telling him my plan might ruin everything.

**"Search for Jay-jay."** Is the only thing that I said before leaving him behind.

Si Yuri ang gusto kong umalalay kay Jay-jay. Despite being my rival he still try his best to understand me. At kung sya man ang pipiliin ni Jay-jay dahil sa kagagawan kong to. Kampante ako na aalagaan sya ni Yuri.

But of course I will make sure that it won't happen.

Dumiretso ako sa opisina ni Tiger. Angelo is talking to someone over the phone. He put it down when he noticed me.

**"Why you didn't tell me?"** Bungad nya sakin.

**"What?"**

**"Someone saw Percy... Alive and driving a car."** He said.

He's obviously overthinking about it. Mukang sinadya ni Percy na magpakita sa pagkakataon na to. Matagal na syang nakaka-usap ni Jay-jay pero ni minsan wala kaming naging lead sa kanya.

Now, he no longer care if people recognize him.

**"Because we're not sure why he's coming back."**

He points his finger on me. **"You should know why! Pano kung idamay na naman nya si Jay-jay?"**

**"They are together."** I almost whispered.

He look at me in shock. **"What?!"**

**"Nakita sya nila Yuri—."** He cut me by punching my face.

Bumagsak ako sa sahig. Sa totoo lang naninibago ang muka ko kapag sya ang sumasakap sakin.

**"Tignan mo kung anong ginawa mo? Dinamay mo na naman sya sa gulo mo!"**

I wipe the blood from my lips. **"Tss... Baka nakakalimutan mong si Aries ang dahilan ng aksidente. Kaya kung may sisisihin ka hindi ako yon."**

He didn't say a thing. He's obviously putting the blame on me by the way he look.

**"...Hindi gulo ko ang nagdamay kay Jay-jay. Kundi gulo ng kapatid nya."**

His expression suddenly change. He's now looking at me in Horror. Hindi siguro sya makapaniwala na alam ko ang bagay na yon.

**"H-how..."**

**"I'm being clever as fvck. Thanks to you."**

He raised his both hand in the air as if he's surrendering.

**"You really learn a lot from me."** He smirked. **"...But you're still weak."**

**"Just wait... One of this days I will be stronger than you."**

Tinignan nya ko ng may paghahamon. **"I will surely wait, Keifer. I will."**

Hindi na nya hinintay ang sasabihin ko. Lumakad sya paalis at tinalikuran ako. My fist clenched. Balak ko sanang magpatulong sa kanyang hanapin si Jay-jay pero mukang hindi na mangyayari yon.

**"Damn you!"** I shouted out of frustration.

Gulong-gulo na ang isip ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Pano kung ituloy na ni Percy ang balak nya? Pano kung kuhanin nya si Jay-jay?

Kailangan ko kumilos. I took my phone out of my pocket and dialled Rory's number.

**["*Keifer... Hindi pa—.*"]**

I cut him. **"I want you to check all the airport scheduled flight. Baka ilabas ni Percy ng bansa si Jay-jay."**

**["*A-ano? Imposible yang hinihiling mo.*"]**

**"You're disappointing me Rory."**

**["*Hindi mo naiintindihan Keifer. Highly Secured yang gusto mong tignan ko. Kahit si Edrix hindi kaya—.*"]**

*I'm desperate.*

**"Rory... Please."** I said almost begging.

I heard him sigh. **["*Let me see what I can do.*"]**

**"Thank you."**

**["*But I can't promise.*"]** He ended the call.

I know he can do that. He's Rory Abejar, they own a private investigating company. Kahit sya mismo nagsisimula ng maging parte nito kaya alam kong kaya nya.

Minabuti kong lumabas na ng opisina ni Tiger at dumiretso na sa exit ng Kingsground.

**"Aalis ka na?"** It was tiger.

**"Sorry. I'm in a hurry."** I answered.

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya at lumabas na. Taxi is not really common in this area. Kilala kasing tambayan ng mga adik at holdaper ang lugar na to. I have no choice but to walk to reach the main road.

Mabilis akong tumawag ng taxi at sumakay. Nagpahatid ako sa bahay. I took one of my car and drive it away. Kailangan kong maghanap at hindi pwedeng manahimik lang ako sa isang tabi.

Masamang-masama ang loob sakin ni Jay-jay. I just broke her heart. Baka gumawa sya ng bagay na pwede nyang pagsisihan sa huli. Kasama pa man din nya si Percy.

*Dammit!*

Hindi ko mapigilan na hindi masuntok ang manibela. Kung ano-anong naglalaro sa isip ko. Especially now that they're together. Jealousy is boiling my blood.

*Subukan mong hawakan si Jay-jay. Ibabalik kita sa kabaong Percy!*

Hindi ko maintindihan kung ano talaga ang plano nya. Bakit kailangang kay Jay-jay lang sya magpakita? It's very suspicious.

Revenge is the first thing that comes up in my mind. Pero kung yun nga ang balak nya dapat noon pa sya nagpakita. Noong panahong hindi pa kumplikado ang lahat.

May ilang oras na siguro akong nagmamaneho sa paghahanap ng marinig kong tumunog ang cellphone ko. It was Yuri.

I answered the call. **"Yuri..."**

**[*"I received a text from Angelo. May nakakita daw kay Percy at Jay-jay sa isang fastfood restaurant.*"]**

Mukang ipinahahanap din nya ang pinsan. Hindi siguro sya mapakali sa ideya na magkasama sila ni Percy.

**"Good. Magkita tayo sa bahay ni Angelo."**

I ended the call. I drove as fast as I can to Angelo's house. Alam kong hindi ako welcome sa bahay na yon. But I'm willing to take the risk. Gusto ko lang masiguro na walang ginawa ang Percy na yon kay Jay-jay.

Pagdating sa bahay nila andun na ang ilan sa mga kaibigan namin. Pinarada ko ang kotse at bumaba. Rory is the first one to talk to me.

**"Sorry Keifer. May humarang sakin na malaman ang mga flight schedules. Palagay ko security ng airlines yon."** He explained.

**"It's okay. You try your best."** I said and walk toward Yuri.

Hindi nakaligtas sakin ang tinginan ni Rory at Edrix. Nakuha kong hindi nya ginawa ang utos ko. Pwedeng masama din ang loob nya sakin. Sinadya siguro nilang pag-alalahanin o pag-isipin ako.

**"Keifer..."** Bungad sakin ni Yuri. **"...mukang wala namang ginawa si Percy kay Jay-jay."**

**"How sure are you?"**

Hindi sya nakasagot. Pinili kong pumasok sa loob ng bahay nila Angelo. Nasa sala sya at may kausap sa phone.

Katabi nya ang Mama nya na may kausap naman sa telepono.

**"What the hell are you doing here?!"** Inis na bungad sakin ni Aries.

Hinawakan nya ko sa kwelyo at itinulak palabas.

**"Anong ginawa mo kay Jay-jay?"**

**"Akala ko ba wala kang pakialam sa pinsan—*oh wait!* Sa kapatid mo? Bakit nagagalit ka ngayon?"**

Gumuhit ang takot at gulat sa muka nya.

**"H-how the hell..."**

Tinabig ko ang kamay nya at iniwan syang nakatanga. Pumasok ako ulit sa loob ng bahay at ang Mama ni Angelo ang bumungad sakin.

**"Keifer... May balita ka na ba kay Jay-jay?"** Tanong nya sakin.

**"Pasensya na pero wala po."**

**"Ganun ba? Maupo muna kayo at pinapahanap na sya ni Angelo."** Sabi nya habang nakaturo sa sofa.

Ginawa ko ang sinabi nya at nakasunod naman si Yuri sakin. Naupo ako sa sofa nila. Paminsan-minsan akong tinitignan ni Angelo pero hindi kami nagpapalitan ng kahit na anong salita.

**"Tumawag na kaya tayo ng pulis."** Sabi ng Lola ni Jay-jay na kakadating lang.

**"24hours po ang kailangan bago mag-report ng nawawalang tao."** Sabi ni Angelo.

**"Ano ba kasing ginagawa ng bata na yon?"** It was Jay-jay's Mom.

Hindi nagtagal dumating na din lahat ng nakatira sa bahay na to. Including his new stepdad.

Aries still looking at me like his ready to kill me. I choose to ignore him.

After few hours of waiting I heard someone talking outside. I didn't take that long before that someone enters the door. It was Jay-jay.

*You make me so damn worried.*

Agad syang nilapitan ng Lola, Tita at Mama nya. Bakas ang pagod at sobrang pag-iyak nya. Halos wala na syang buhay sa paraang pagtingin nya.

**"Saan ka ba nagpunta?"** Her grandmother ask.

**"Yung mga kaklase mo kanina ka pa hinahanap?"** It was her Aunt.

**"Ano bang nangyari? Bakit bigla kang umalis ng school nyo?"** Her mother.

She didn't answer them. She look around until are eyes met. It broke me. Seeing her like this, seeing her suffer because of me and seeing her avoiding me.

**"Ma..."** She broke her silence. **"...Anak ba ko sa labas?"**

And that moment I realize Jay-jay will suffer more than I expected.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 268

**A/N:** Ang lame nung previous Chapter. Kaunting tiis, malapit na matapos ang mga chapter ni Keifer. Nami-miss ko na din ang POV ni Jay-jay.

Nami-miss ko ang kakulitan nya at ng mga Ulupong.

For those who doesn't get the set up of Keifer's POV. Eto yung time na dinurog nya ang puso ni Jay-jay. Yung paliwanag nya at yung tunay na saloobin nya.

Again, I apologize for the grammar. You know, instant editing dahil dun sa dalwang maling chaps. Hnd naman kasi eto tlga pagkakasuno-sunod nito.

**Added Pain**

***Keifer's POV***

Mababaliw ako. Hindi ko alam kung makakatagal pa ko ng ganito.

**"Seriously? Balak mo bang ubusin lahat ng alak dito sa Mini bar nyo?"**

I didn't bother myself to look. I know it's Honey.

**"Wala kang paki kung ubusin ko to. Marami akong pambili."** I said and take a sip from my glass.

Eto lang ang paraan ko para makatagal sa ginawa ko. Pakiramdam ko sa bawat oras na hindi ko sya nakaka-usap, hinuhugot ang puso ko sa katawan ko. Kailangan kong mamanhid.

**"Whatever. Two days na palang hindi pumapasok ang girlfriend mo. At mukang wala pa rin syang balak pumasok ngayon."**

I knew this might happened. Kasalanan ko to. Mukang nawalan na sya ng gana mag-aral ng dahil sa nangyari.

Pati ang mga kaklase namin nawalan na din ng gana sagutin ang tawag ko. Rory is the first person I tried to call but he's not answering his phone. Ganun din ang ginawa ko sa iba pero pare-pareho nilang pinapatay o hindi sinasagot ang tawag ko.

Yuri and Ci-N are the only one who answered my call pero iisa lang ang sinasabi nila. They keep asking what my problem is. Hindi ko naman sila masagot kaya pinapatay ko nalang ang tawag.

**"Ano nang balak mo? Babalik ka na ba sa London?"** Honey ask me.

I shook my head. **"Not yet."**

*I'm not yet strong enough.*

Hindi ko pa nga naayos ang anger management issue ko. Yun ang dapat kong unang ayusin bago ang iba.

Pero sa dami ng problemang sumasabay sakin ngayon nalilito na ko sa mga dapat kong unahin.

**"Hay Keifer... Ako ang nahihirapan dyan sa ginagawa mo."**

**"You don't have to stay here if you can't stand seeing me like this."**

Bahagya syang tumawa dahilan para tumingin ako sa kanya. She's starting to annoy me.

**"Sabi mo, you will be strong enough para ma-protektahan ang pamilya at mahal mo. But here you are look more miserable than your girl."** He arch a brow. **"...now tell me how this drank man in front of me can save his family and love ones."**

Nabitawan ko ang basong hawak ko.

*She's right.*

Minsan may sense din pala ang mga pinag-sasa-sabi ng babaeng to. Akala ko puro arte lang sya at katarayan. Pano ko nga naman ipaglalaban at po-protektahan si Jay-jay at ang mga kapatid ko kung muka akong miserable.

I chuckled in disbelief. Kaya ko nga pala sya tinaboy para maayos ang sarili ko at para masiguro na ligtas sya. May mga bagay nga pala akong dapat gawin kesa ang umupo nalang dito at uminom.

**"May sense ka din palang kausap no?"** Sabi ko at tinungga ang natitirang alak sa baso.

**"Tagal na nating magkasama pero ngayon mo lang na-realize?"**

Binitiwan ko ang baso at tumayo na. Hinarap ko sya at bahagyang ngumiti.

**"Matagal ko nang na-realize na wala kang utak."**

Agad ko syang nilagpasan pagka-sabi non. Alam kong magagalit sya at tatalakan lang ako. Paglabas ng tambayan naghanap agad ako ng maid.

Most of them are avoiding me. Alam kasi nila na ayoko ng maraming tao sa paligid ko. Ang masama pa nito hindi ko alam ang mga pangalan nila. Tanging ang Head Housemaid at Butler lang ang kilala ko.

Ayoko namang tawagin sila ng tawagin dahil may edad na sila pareho. Dapat na silang magpahinga. Once I turn 18 I will get the whole custody of Keiren and Keigan from them so they can finally have their retirement vacation. Sa kanila ko ipinangalan ang pekeng last will na pinagawa ko non para makuha ang custody ng mga kapatid ko mula sa Halimaw kong Ama.

*Malaki ang pasasalamat ko sa kanila.*

Patuloy lang ako sa paghahanap, until I saw one of them vacuuming the carpeted floor.

**"Hey..."** I called her.

She shut down the vacuum and look at me.

**"Sir?"**

**"Can I ask you a favor? Ipaghanda mo ko ng maka-kain. Gusto ko naka-ayos na lahat pagkaligo ko."**

She nodded. **"Opo Sir. Ako na po bahala."**

Tinalukuran ko sya at naglakad na papunta ng kwarto ko. Naligo ako para matanggal ang tama ng sobrang alak sa katawan ko. Sapat na siguro ang ininom ko para mamanhid sa sakit.

Mabilis akong nagbihis pagkatapos. I also grab my hoody. Balak kong mag-jogging pagkatapos kumain. I considered it as a warm up for my day.

Pumunta na ko sa Dining kung saan nakahanda na ang pagkain. Kasalukuyang nagsasalin ng juice sa baso ang Maid ng maupo ako.

**"Kain na po Sir."** Sabi ng Maid.

**"Thank you—*hmm*... what is your name?"** I ask.

Ngayon ko lang naalala na hindi ko pa pala alam ang pangalan nya.

**"Cass Sandra Eugenio. Pili nalang po kayo sa Cass o kaya po Sandra."** Nakangiti nyang sagot sakin.

I force a smile. **"Sandra will do. Again, thank you for this."**

**"Welcome po Sir."**

She has this jolly attitude and I can't help remembering Jay-jay. Sana makita ko ulit syang masaya. Because of what I did baka hindi na maulit yon.

Pinili kong wag muna isipin yon. Hindi ako makakapag-patuloy kung palagi akong mag-f-focus sa '*what if*'. I have to stop imagining things about our situation. It's clearly not helping my mind to keep up.

I force myself to eat. Sa totoo lang ayaw tanggapin ng sikmura ko ang mga pagkain. Eto na yata ang resulta ng ilang araw kong pag-iinom.

Matapos kumain tumayo na ko at sinuot ang hoodie. Kinabit ko din ang headset ko at binulsa ang phone. Wala ako sa sarili habang naglalakad palabas ng bahay.

Napatingin pa ko sa langit. Pakiramdam ko matagal na panahon na kong hindi lumalabas kahit two days palang ang nakakalipas nung huling labas ko.

*I'm getting weirder everyday.*

Ginawa ko na ang balak kong pag-jogging. I keep running in a slow pace while trying to pick up my thoughts. Gumagana naman dahil kahit papano nakaka-isip ako ng mga pwedeng gawin.

Pagdating sa park napahinto ako. Malayo-layo na din pala kasi ako sa bahay. Hindi ko na din siguro napansin dahil sa lalim ng iniisip ko.

I choose to rest for a while. Naupo muna ako sa isang bench. I took my phone out of my pocket and check for any message. There is one from Honey but it's not that important.

Pinili ko nalang bumalik sa pag-jo-jogging. I'm about to leave when I saw someone wearing an HVIS uniform. My heart beat so fast. Hindi ko pa nakikita ang muka nya pero alam ko na kung sino sya.

*Dammit Jay-jay!*

I badly want to see you but I'm afraid that I will not let you go once I hold your hand. Mukang kakainin ko lahat ng pagtitiis na ginawa ko.

Hindi ko magagawa ang plano ko. I need to control myself everytime she's around like this. Wala pa nga akong nauumpisahang plano pero mapupurnada na ang lahat.

Sinuot ko ulit ang headset ko at inayos ang hoodie ko. Nag-jogging ako paalis sa park. Patay malisya at kuwaring hindi sya nakita. Kahit sa totoo lang parang ayaw humakbang ng mga paa ko.

It didn't take a long time before I feel someone following me. I already have a clue on who it was.

*Wag mo kong sundan! Please...*

Kapag hindi sya tumigil baka hindi na ko makapag-pigil pa. Masisira lahat-lahat.

Binilisan ko ang pag-jo-jogging sa paraan na hindi nya mahahalata. Kaso sumusunod pa rin sya o mas tamang sabihin na sila.

Huli ko na napansin na malapit na ko sa bahay. Wala akong choice kundi ang harapin sila. I stop and catch my breath. Tinanggal ko din ang headset ko at binulsa yon.

**"Next time you'll follow me make sure I don't notice you."** I said without looking at them.

Wala akong narinig na sagot galing sa kanila. Gusto kong umalis at magpatuloy sa paglalakad. Ayoko syang harapin. Natatakot ako.

Pero kung hindi ko sya haharapin ngayon baka sa susunod na pagkikita namin hindi ko na mapigilan ang sarili ko.

I slowly turn around and face them. At dun ko napatunayan na mahirap talagang panindigan ang ginagawa ko.

Ang damdamin kong pinamanhid ko sa alak lumambot na naman ng makita ko sya.

*My Jay-jay...*

**"What do you want?"** I ask them.

**"A-ano..."** She started and I almost run to hug her. **"K-kasi... M-may—."**

Hindi na nya natapos ang sasabihin ng bigla nalang naglakad ang Percy at tuloy-tuloy na pumasok ng bahay ko. My jaw drop in amused.

**"Hey!"** I shouted and followed him.

Ayos din ang lalaking to. Not because were friends before he have the right to do whatever he wanted to do. Especially entering someone else's house.

*My house to be exact.*

Hindi yata nya naisip na pwede ko syang kasuhan ng trespassing sa ginawa nya.

**"Pa-CR ako!"** Sagot nya at mabilis na tumakbo paloob ng bahay.

Napahinto ako sa garage. Nahilamos ko ang muka ko sa pagka-inis kay Percy. Bakit ba hindi nya iniwan ang kakapalan ng muka nya sa hukay? Bakit kailangan nyang bitbitin yon hanggang ngayon?

I can feel Jay-jay's presence not too far away from me. Inagaw kasi ni Percy ang astensyon ko kaya hindi na namin natapos ang usapan.

Pero wala na rin akong balak na tapusin pa. Kailangan ko nang maka-isip ng dagdag na plano. I have to stick with my first plan which is pushing Jay-jay away from me. It's the only way to save her from me and my stupid cousin Clyde.

But I have nothing after that.

**"Paglabas ng stepbrother mo, umalis na kayo."** I said calmly and about to walk away.

**"Keifer!"** She called me. My knee almost melt hearing her shouting my name. **"...M-may gusto lang akong malaman."**

Why do I have this feeling? My instinct is telling me to stay and listen but my mind is shouting at me telling me to turn my back and leave.

Without any hesitation, I choose to stay. I don't exactly know why. Maybe because I want to stare at her for a while. Maybe because I miss her too much I want to enjoy the little moment that we have.

**"What is it?"**

**"G-gusto ko lang malaman..."** Huminga sya ng malalim. **"...sa k-kabila ng ginawa mo. M-minahal mo ba ko?"**

*FVCK, I DO! At hindi lang minahal dahil mahal na mahal kita!*

I wanted to shout that and hug her. Gustong-gusto ko pero hindi ko pwedeng gawin yon. Masisira lahat ng naumpisahan ko at magsisimula na naman ako sa wala.

Kapag ginawa ko rin yon alam kong gagawa sya ng paraan para matulungan ako. Ayoko syang ipahamak.

I laugh bitterly. I know I'm about to give both of us another pain. Hindi ko na kayang makita kang masaktan but I have no choice.

She bite her lower lips. I saw her shaking a bit. Maybe she's scared to hear my answer.

Nagda-dalawang isip ako kung itutuloy ko pero kung hindi ko gagawin to. Pano sya titigil? Baka ulit-ulitin lang nya ang pagtatanong sakin ng nararamdaman ko. At kapag ganun, mapipilitan akong sabihin ang totoo.

*Damn this what ifs and possibilities!*

**"Sinundan mo ko para itanung yan?"** I force a laugh. **"...i can't believe this."**

I shook my head while smiling like a lunatic. I don't know if I'm good with acting but I'm trying my best.

**"Let me guess... Nag-expect ka na baka nagkaroon din ako ng feelings sayo habang niloloko kita?"**

I know it's a yes. Wag ka mag-alala Jay, dahil tama ka. Nagkaroon ako ng feelings sayo ng hindi ko na mamalayan. The next thing I know sarili ko na ang niloloko ko at hindi na ikaw.

I keep denying things between my feelings and my revenge. Pilit kong pinapaniwala na imposible yon kahit nangyari naman na talaga.

I almost laugh with my own stupidity. I face Jay-jay and look at her. I can already see pain.

**"What a damn!"** I added and laugh. **"...This is not a tv series or movie. Falling for you or realizing that I love you in the middle of my revenge will *never* happen."**

She gasp a bit. I know I'm hurting her so bad. This is another reason to hate me.

**"Ganun pala ako kagaling umarte. Napaniwala kita!"** I still smile and laugh.

I walk slowly toward her. She seems uncomfortable.

*I'm sorry Jay-jay. I'm sorry for what I'm about to say and to do*!

**"Para hindi kana umasa, hayaan mong linawin ko sayo."** I stop in front of her. **"...I will *never* fall for you. You are just a stupid-little-shit for me just like your brother Aries."**

Her tears started to fall. She even tries to stop it but obviously failed. Seeing her like this are breaking me into pieces. Gusto ko ng sapakin ang sarili ko. Sobra-sobra na ang pagpipigil na ginagawa ko.

*Your're a fvcking evil Keifer!*

Hindi ako makapaniwala na natitiis ko sya ng ganito. But I have to continue.

I smirked at her. **"Kung bumigay ka lang sana sakin nung New Year malamang maaga mong nalaman ang totoo. Kung ibinigay mo lang sana ang sarili mo non tapos ang plano."** I cross my arm and look at her from head to toe. **"...Sayang nanalo sana ang kalahati ng Section E sa pustahan."**

*Fvck! Nadulas ako!*

Hindi ko na dapat binanggit ang bagay na yon. Dinadagdagan ko lang ang sama ng loob nya sa mga kaibigan namin. Sa kanila dapat sya lalapit pag-alis ko. Pano na ngayon?

She was shock from what she heard. Halatang wala pa rin syang alam.

*Right! Yung pustahan!*

I smile widely.

**"Come to think of it... Hindi pa tapos ang pustahan."** I hug her from her waste. **"...Bakit hindi natin ituloy ang naudlot nung New Year?"**

Being close to her like this makes me want to kiss her. I badly want to taste her lips but not like this.

Everytime I kiss her before I make sure she feels my love for her. But now, she have to feel the pain.

Hinawakan ko sya sa panga. Napapikit sya sa sakit.

**"B-bitiwan mo ko."** She begs.

*Just kill me after this!*

**"I know you want it."**

I crashed my lips to her. It's a deep kiss that makes her feel disrespect. The kind of kiss that showing my dominance. I can feel her tears running down through her cheeks.

I want to stop but I can't.

*Stop me please...*

And she did. It's like she heard my mind. Tinulak nya ko ng buong lakas. Napalayo ako sa kanya pero ang hindi ko inaasahan ay ang sunod nyang ginawa.

She punch my jaw. Nakaramdam agad ako ng hilo at hindi ko na napigilan ang pagtumba ko. Hindi pa ko nakaka-recover ng maramdaman kong umibabaw sya sakin at sunod na sinuntok na naman ako.

Patuloy sya sa pagsuntok sakin habang patuloy din sa pagbagsak ang luha nya. I deserve this. I deserve every punch from her.

*Keep punching me if that will help you ease the pain.*

Masakit ang bawat suntok na natatanggap ko sa kanya pero pinili kong hindi na pumalag. I'm starting to feel the blood from my nose and taste it from my mouth. Akala ko balak nya talagang durugin ang muka ko pero huminto sya.

She stop and look at me. For some reason she cries again but this time with so much pain.

Hindi ko din inalis ang tingin ko sa kanya. Hindi ko kayang alisin kahit kitang-kita ko kung pano sya nadudurog sa sakit. Gusto kong hawakan ang pisngi nya at punasan ang luha nya. Gusto kong humingi ng tawad at bawiin lahat ng sinabi ko. Gusto kong yakapin sya ng mahigpit. Sobrang higpit at hindi ko na sya papakawalan pa.

*Pero hindi pwede...*

Hindi ko mapigilan ang pagbara sa lalamunan ko. Nadudurog ako sa tuwing maiisip ko ang sitwasyon namin. Kailangan nyang mawala sakin. Kailangan nyang masaktan. Kailangan... *Kailangan...*

Hindi ko na napigilan ang luha ko lalo ng makita ko syang titig na titig sakin. Para bang pinaparamdam nya talaga ang sakit na dala-dala nya.

*You have to do that...* I know what exactly you feel.

Bigla nalang syang umalis mula sa pagkaka-ibabaw. Unti-unti akong naupo. Basa ang muka ko ng dugo at luha nya. At hinahaluan na ngayon ng luha ko.

I wipe my face using my hand. I don't want her to see me suffer. Hindi na dapat nya malaman.

Masama ang tingin nya sakin na alam kong puro sakit. Ako din nasasaktan at sana kayanin kong dalhin yon kagaya ng ginagawa mo Jay-jay.

She started to walked away from me but she stop before she reach the house gate.

**"Itaga mo sa bato, pati dyan sa noo mo at sa pwet ng aso! Babalikan ka ng karma! Kingina mo!"** She sighs heavily. **"...At kapag nangyari yon! Ako unang tatawa dyan mismo sa pagmumuka mo!"**

Agad syang tumakbo paalis palabas. Gusto kong matawa dahil sa sinabi nya. Matagal na kong binalikan ng karma.

*And it was a good karma.*

**"Jay-jay!"** It was Percy. **"Anong ginawa mo Keifer?"**

Tinignan ko sya ng may pagbabanta. **"Protektahan mo si Jay-jay. Kapag may nangyaring masama sa kanya. I will kill you and it will be for real."**

Hindi sya sumagot at mabilis na sinundan si Jay-jay. Sana lang talaga protektahan sya ni Percy.

May ilang minuto na siguro akong naka-upo at naka-tanga. Pabalik-balik sa isip ko ang nangyari.

I fvcking don't understand. Kung bakit kailangang samin mangyari to. Kung bakit kailangan kong maghirap. Kung bakit kailangan ko syang saktan. Kung bakit...

*Bakit hindi kami pwedeng maging normal na istudyante?*

Nahawakan ko ang muka ko ng magsimulang bumagsak ang mga luha ko. Parang hindi ko na kaya. Hirap na hirap na ko. Gustong-gusto ko ng bawiin ang mga sinabi at ginawa ko.

AYOKO NA! Hindi ko kakayaning mabuhay ng wala si Jay-jay sa buhay ko. Kailangan ko sya.

Pinilit kong tumayo kahit binabalot ng sakit ang muka at ulo ko.

**"Keifer! Anong nangyari?"** Sigaw ni Honey habang tumatakbo palapit sakin.

**"I have to follow Jay-jay. I have to talk to her."** I said while trying my best to walk.

Honey stop me and help me to stand up.

**"Kailangang magamot yang mga sugat mo! Sino bang nanakit sayo?"**

Pinipilit nya kong dalhin sa loob ng bahay but my body is walking the opposite side.

**"Si Jay-jay... H-hindi ko kayang mawala sya!"**

**"Can you hear yourself? Akala ko ba aayusin mo muna ang sitwasyon?"**

I no longer care about my situation. Jay-jay is the only thing that matters to me.

**"Si Jay-jay... Si Jay—."**

Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko dahil tuluyan ng binalot ng dilim ang paningin ko.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 269

**A/N:**Again, the grammar. Marami akong binago. Ihahabol ko nalang yung dalawa pang chapter. Tuesdays siguro. Sayang kasi yun.

Paantay nalang sa pade-dedicate. Inaayos ko pa mga list. Naka-screenshot kasi lahat.

**Party**

***Keifer's POV***

I want Jay-jay to stay. I want to hold her tight and make sure of not letting go. I badly want to.

**"What happened Kuya?"** Keigan ask me.

I look at him with my usual blank expression and shook my head.

**"Nothing."**

**"Puro pasa at sugat ang muka mo. Kaya panong naging *nothing* yan?"**

Sinubukan kong bumangon mula sa pagkakahiga sa kama. Bahagyang kumirot ang ulo ko at mabilis na binalot ng pagkahilo.

**"Magpahinga ka muna."** Keigan said while forcing me to lay down.

Tinabig ko ang kamay nya. **"Mahaba na ang naging pahinga ko."**

Pinilit kong tumayo at lumakad papunta sa CR. Humarap ako sa salamin at napailing ako sa itsura ko. Jay-jay can literally damage a face through her punches.

Hanggang ngayon misteryo sakin kung pano lumakas ng ganito ang mga suntok nya. Sa tingin ko hindi yon dahil sa lagi nyang pakikipag-away dati. She's a woman and it's quite impossible for her to make her punches stronger.

*O baka dahil sa sobrang galit nya sakin.*

Sinubukan kong hawakan ang muka ko at agad kong naramdaman ang kirot. Binaliwala ko nalang ang sakit. Hindi na bago sakin ang ganito pero kahit ganon pakiramdam ko mas masakit ang mga suntok na natanggap ko ngayon. Dahil siguro galing to sa taong mahal ko.

Bumalik sa isip ko ang mga nangyari kanina. I'm in the verge of giving up my inherits. Hindi ko na kayang itulak pa si Jay-jay palayo sakin.

Mababaliw na yata ako sa kakaisip sa kanya at sa mga mangyayari samin. Pero isa lang ang sigurado ako.

*I have to make sure that I will not loose her.*

Binuksan ako ang gripo at naghugas ng kamay. Pagkatapos pinunasan ko yon sa towel na nakasabit sa tabi lang ng salamin. Dumiretso ako sa walk-in closet ko para magbihis.

**"Saan ka pupunta?"** Keigan ask.

Sandali ko syang tinignan bago hubarin ang shirt ko at palitan yon ng polo shirt.

**"Pupuntahan mo sya?"**

There's no point on answering him. He already know it.

**"Please Kuya... Sabihin mong mali ang narinig ni Honey kanina."** Paki-usap nya.

**"No. She heard me right."** I answer without any hint of regret.

I grab another hoodie from my closet and wear it. My foot is about to move when Keigan grab my arm.

**"Let go Keigan."** I said with authority.

**"No."** He said forcing himself to face me. **"...I will stop you no matter what."**

My eyes look at him intently. I can sense his fear but obviously trying to hide. Ayoko syang sigawan, ayokong iparamdam na ako pa rin ang masusunod sa bahay na to. He's still my brother and I don't want him to feel scared at me. The same way he feel with our Monster Dad.

I took a deep breath to relax myself. I hold Keigan hands and slowly remove it from my arm.

**"Keigan..."**

**"Bakit ba sya nalang lagi ang inaalala mo?! Pano kami?! Pano kami ni Keiren?"** He burst out and start to cry.

Hindi ko maiwasan na hindi magtaka sa ina-asta nya. Gusto kong ipaliwanag sa kanya kung bakit ko pupuntahan si Jay-jay pero alam kong hindi nya maiintindihan.

**"Hindi ko naman—."**

**"NO!"** He shouted.

I won't deny that I'm a bit shock. Para kasing naging ibang tao sya sa paningin ko pero alam ko namang naglalabas lang sya ng sama ng loob. Pinili ko nalang na wag pansinin yon.

**"Keigan, I know—."**

**"No! You don't know anything. You're too busy praising your girl that you forget and ignore us!"**

**"Listen to me!"**

**"I don't want to listen to you! You don't care about us anyway!"**

**"No! Keigan!"**

Bigla nalang nyang tinakpan ang tenga nya at magsimulang sumigaw ng malakas.

**"Aaaarrrggghhhh! Aaaarrrrggghhhh!"** He kneel down and shouts like his scared of something.

I grab both of his arms and force him to face me.

**"Keigan! Listen to me!"**

He shook his head while continuing to shout. Sinubukan ko na ring hawakan ang muka nya pero panay ang pag-ilag nya.

**"You don't want us! You only want her! You don't love us! You only love her! You don't care about us! You only care about her!"** He keeps shouting and crying at the same time.

**"Keigan! Stop!"**

Nagsisimula na kong mairita sa ginagawa nya. Hindi ko alam kung anong pinagdadaanan nya at kailangang magka-ganito sya.

**"Keigan!"**

**"No! You're a coward! Your giving up everything! You're wasting Mom's death!"** He said that makes me stop.

*I-i'm not a coward!*

Binitiwan ko sya at sandaling pinagmasdan. Nasabunutan ko nalang ang sarili ko kasunod ng malalim na paghinga.

Hearing Mom's death is like a switch on. It automatically break my heart.

**"I'm not..."** Hindi ko na napigilan ang pagpatak ng luha galing sa mata ko. **"...Keigan, I'm not."**

**"You don't love us!"**

Napaluhod ako dahil sa panlalambot. Hirap na hirap na ko. Ayokong bitawan si Jay-jay pero ayoko ding sayangin ang kinamatayan ni Mom.

Hindi ko na alam ang gagawin ko. Hindi ko alam kung panong laban ang gagawin ko. My head is empty and I don't have any plans.

I heard someone knocking at my room door.

**"Keifer! Anong nangyayari dyan?"** It was Honey.

Nilapitan ko si Keigan at pilit niyakap kahit panay ang ilag at tulak nya sakin.

**"Keigan..."** I called him but sounds like I'm begging. **"...please."**

Hindi ko alam kung bakit pero kusa syang tumigil kasunod ng pagbagsak ng mga kamay nya.

Pinagpatuloy ko ang pagsasasalita.

**"I'm not giving up anything. I will continue fighting for Mom, for Keiren and for you. But please, don't stop me seeing Jay-jay..."** I heard him gasp. **"...She's my strength and weakness. Without her is like breathing without air, bleeding without blood and dying with no killing."**

He move his hands and patted my arms. **"You really love her. Do you?"**

He sounds different this time. Maybe he already calm himself.

**"She gives me purpose."**

Unti-unti nyang inalis ang sarili mula sa pagkakayakap sakin.

**"Go ahead. Puntahan mo sya pero mangako ka."** He said and look at me seriously. **"...Promise me that you won't give up."**

I forehead crease because of confusion. Bakit napaka-bilis nyang magbago ng expression? From desperate he looks like the normal Keigan that I'm talking to everyday.

**"Keigan—."**

**"Fulfill your promise and I swear that I will help you."** He said and smile a bit. **"...I will help you become stronger. I will help you face our relatives, especially Clyde. I will help you create a plan."**

I'm tempted to say *yes*. Ngayon lang nag-alok ng ganitong tulong si Keigan sakin. But it's a bit suspicious.

**"Tell me Keigan... What is happening—?"**

He cut me by standing up. Dumiretso sya sa banyo at narinig ko ang pagbukas nya ng gripo. Sinundan ko sya at nakita ko syang naghihilamos.

**"Just say '*no*' if you don't want my help."** He sounds disappointed.

I took a deep breath. I appreciate Keigan's help but I'm also worried. I know something is not right. He have a problem and I have to know what it is.

**"Okay... I accept your help."**

I saw him smile. **"Thank you for trusting me."**

**"In one condition."** I said and his smile has been wipe out. **"...You will tell me what exactly is happening to you."**

Sa halip na sagutin ako bigla nalang syang naglakad palabas ng banyo at dumiretso palapit sa pinto ng kwarto ko.

Before he can touch the doorknob I called his name with authority. I saw him flinch.

**"I will... But not now."** He said almost whispered.

He open the door. Honey and some of the maids and butler are not moving. They obviously tried to listen to our conversation.

**"W-what happened? Someone is shouting so we thought—."** Keigan cut Honey by walking away and passes by in front of her.

**"It was nothing. Please leave."**

They didn't say a thing and immediately leave. I return back to my comfort room. Naguguluhan talaga ako sa nangyayari kay Keigan.

Ever since he return back I know he seems odd. I keep talking to him and ask him what happened but he keeps answering the same thing.

*They keep traveling and Dad is just ignoring him.*

Which I found impossible. Sya nga mismo ang nagdala kay Keigan sa pinuntahan nya tapos babaliwalain lang sya.

Lalo akong nahihirapan sa nangyayari. Wala akong pwedeng pagtanungan sa nangyari kay Keigan nung nasa puder sya ng Halimaw na yon.

Although their is one but my brother is the only one who have contacts to him. *Dylan*.

I heard my phone's message alert. Someone texted me. I immediately took my phone at my bedside table.

It was from Tiger.

**From:** *Tiger.*

**Message:** *Blue eye, alive alive. D2 cla ni 2mboy Jay-jay.*

(Dito sila ni tomboy Jay-jay.)

Gusto kong ihampas ang cellphone ko sa pader. Hindi ko maintindihan ang text nya. Pero malinaw sakin na nakita nya si Percy at Jay-jay. Malamang na nasa KingsGround sila.

*Dammit! Of all places.*

Mabilis kong inayos ang sarili ko. Nilagyan ko din ng gamot at band-aid ang mga sugat sa muka ko. After applying medicine I walked straight to my walk in closet.

Binuksan ko ang glass drawer na lalagyanan ng mga susi ko. I took one key—different again from before. I also took my wallet and phone.

Mabilis akong lumabas ng kwarto at dumiretso papunta sa garahe.

**"Keifer! Saan ka pupunta?"** Honey ask when she saw me walking out of the house.

**"None of your business."**

**"Pupunta dito si Uncle. Kakausapin ka nya."** She said and run after me.

**"Tell him to go back tomorrow."**

**"Keifer ano ba?! Seryoso ka ba talaga sa pinaglalaban mo sa family mo? Para ka lang naglalaro."**

Hindi ko sya pinansin at dire-diretsong lumapit sa napili kong kotse. I unlock it and immediately hop in.

Para akong may hinahabol na kalaban sa bilis kong magmaneho. Hindi ko mapigilan. I really don't like the idea of Jay-jay being in the KingsGround. Hindi pa nya alam kung anong meron don.

Bukod sa disco at underground fight, andun din ang illegal casino na patakbo din ni Tiger. Meron ding strip club don at syempre ang underground forum kung saan nagbebentahan ng drugs ang mga big time dealers.

Hindi ko alam kung anong Hocus Focus ang ginawa ni Tiger para maitago sa pulis ang mga kalokohan nya.

Mahigpit ang naging hawak ko sa manibela kasabay ng pagtapak sa accelerator. Kailangan ko syang mai-alis don. And I will definitely put Percy back to his grave if something bad happens to Jay-jay.

Nakarating ako sa kalye ng KingsGround. Hindi talaga magandang ideya na magdala ng kotse dito. Talamak kasi ang nakawan sa area na to. But I'm willing to take the risk. Ipinarada ko ang kotse sa labas lang ng building.

Pagbaba ko, nakita ko si Dan na isa sa mga tauhan ni Tiger. May kamuka syang artista dahil sa payat at dadalawang pirasong ngipin nya sa harap. Hindi ko lang maalala kung sino.

**"Keifer... Napadalaw ka."** Bati nya sakin bago humithit ng sigarilyo.

**"Can you do me a favor?"**

**"Ano yon?"**

**"Bantayan mo kotse ko."** I said and took some money from my wallet.

Nanlaki ang mata nya ng maglabas ako ng tatlong libo. Iniabot ko sa kanya yon at ngumiti naman sya kahit ang dadalawang ngipin nalang nya ang natitira.

**"Keep it safe."** I said and walk toward the entrance.

Pagpasok ang madilim na hallway muna ang bumungad sakin. Malayo pa pero kita ko na ang patay sinding ilaw at dinig ko na din ang malakas na music. Tanaw ko na din ang ilang mga taong nagsasayawan.

Malapit na ko sa loob ng masalubong ko ang isa sa bouncer ni Tiger. May bitbit syang ilang kalalakihan.

**"Let me go! Kailangan kong makaganti sa babae na yon!"** One of them said while trying to get back inside.

**"Badtrip talaga si Savannah at yung kaibigan nya!"** Sabi naman nung isang nakasunod lang.

Nilingon ko pa sila sandali bago tuluyang makapasok sa loob. As usual, KingsGround disco is crowded. Puno ng mga taong nagsasayawan.

May ilang kakabaihang nginingiti sakin pero hindi sila ang pinunta ko dito. Hindi ko alam kung saan magsisimulang maghanap. Balak ko sanang puntahan si Tiger pero napatigil ako sa taong humawak sa balikat ko.

It was one of the bouncers.

**"Tagal mong hindi dumalaw dito. Anong meron at napabisita ka?"** He ask while looking at me seriously.

**"I'm looking for someone. Mybe you could help me find her."**

**"Sabi na babae... Sino ba? Ipapatingin ko sa security."**

Tumingin ako sa paligid at baka mapadaan sya.

**"My girlfriend. She's probably still wearing a highschool uniform."**

**"Kaibigan ba ni Boss Tiger?"**

I nodded and look around again.

**"Nasa bar counter. Muntik pa ngang mapa-away kanina."** He said while pointing at the nearest counter.

I frowned. She almost put herself into a fight. Dito pa talaga sa KingsGround.

I thanks the bouncer and walk toward the bar counter. Sa dami ng taong nagsasayawan nahirapan akong maglakad. Meron pang yumakap sakin sa leeg pero agad ko namang tinabig.

Hindi pa ko tuluyang nakaka-alis sa kinalalagyan ko ng makita ko sya. Meron syang ininom sa shot glass at bigla nalang syang napapikit.

*What did she drink?*

Tinignan ko yung kausap nya na parang inaabangan ang mangyayari sa kanya. When she opens her eyes, I can see her smile. She even laughs while talking to the woman beside her.

My curiosity is poking my mind. I badly wants to know what she drinks.

Nakita kong uminom din ang kasama nya at naglakad sila papunta sa dance floor. Kinuha ko ang pagkakataon para lumapit sa counter.

Kukuhanin na sana ng bartender yung basong ginamit ni Jay-jay pero mabilis ko yung inagaw.

**"S-sir Keifer."** Bati sakin ng bartender.

I ignore him and continue what I'm doing. I stare at the shot glass for a while. I even smell it and use my finger to taste the last drop of the drink.

I know something is weird but I can't point out what it is. Hinarap ko ang bartender na hindi pala umalis sa harap ko.

**"What did you put on this drink?"** I ask in a serious tone but more sounds like a threat.

Hindi makasagot ang bartender pero bakas sa muka nya ang takot. Ilang beses din syang lumunok.

**"S-sir—."**

Mabilis kong hinatak ang kwelyo nya. Magpasalamat sya sa counter na nakapagitan samin. Hindi ako makaporma para masapak sya.

**"Sir! Order po yun ni Ma'am Savannah! Hindi po ako pwedeng tumanggi!"** Paliwanag nya.

**"Kapag nalaman ko kung anong nilagay mo. I will ripped you into pieces."** Banta ko at binitawan sya.

Pabagsak ko ding binitawan ang baso sa counter table. Agad kong hinanap si Jay-jay sa gitna ng maraming tao. It took me a few minutes before I found her. She's dancing and laughing with a girl that I don't think she knows well.

I stared at her because that's the only thing that I can do now. I can't even walk closer to her. Kapag lumapit ako sa kanya, baka hindi ko na sya pakawalan pa.

Gusto ko nang huminto at bumalik sa kanya pero naging suntok sakin ang mga sinabi ni Keigan. Masasayang sa wala ang kinamatayan ni Mom. Hindi ako papayag na mangyari yon.

*I'm sorry Jay...*

Natigilan ako ng makita kong nakatingin sya sakin. I almost stepback until I notice something. She's looking at me as if she doesn't know me.

The woman she's with suddenly whispered to her. Jay-jay's expression change and she walks away. Susundan ko na dapat sya pero parang wala namang saysay yon. Hindi ko naman sya mapipigilan.

I have to stop her. Tumingin ako sa paligid. Nagbabakasali na may magamit ako para mapahinto sya at mapaalis dito. I keep looking until I saw Tiger's office.

Sya lang ang naiisip ko na pwede kong kunan ng resources ngayon. Mabilis akong naglakad papunta don. Tinanguan ko lang ang mga bouncer na nakabantay.

I open his office door and Percy's face is the first thing that I saw. Painom na dapat sya sa basong hawak nya ng tumigil sya dahil pagtitig na ginawa ko sa kanya.

**"At andito ka pa lang walang hiya ka!"** I said and pointed my fingers to him.

**"Maka-walang hiya ka naman."** Sagot nya habang tinataasan ako ng kilay.

**"You're just sitting and drinking here while Jay-jay is in danger!"**

**"Relax Keifer..."** It was Tiger. **"...Walang Forum at Underdog Fight ngayon. Kaya hindi ganun kainit ang gabi."**

I turn to him. **"I'm not talking about the dirty Forum and Underdog fight. Someone is giving a weird drink to Jay-jay."** I said while pointing my fingers at the dance floor.

**"Tsk! Mukang nawala na sa sarili si Jay-jay."** Percy said while putting down his drink.

He stand up and look at me.

**"Hindi ko alam kung anong problema mo. Pero ang lakas ng sapak mo!"** Inis na sabi nya. **"You makes her cry and now here you are acting like you cared."**

**"You don't know what exactly is going on."**

He smirks. **"I know Keifer, I know what exactly is going on. Your revenge failed and karma hit you back. You fall for Jay-jay."**

I'm no longer surprise. David never forget to gave every small details of my plan. Akala ko wala syang paki sa plano ko non. Sya na rin ang nagsabi na hindi magandang may babae sa Section namin dahil sa nangyari non kay Ella. Yet she starts to care for Jay-jay.

**"I have no reason to deny it to you."**

**"But you deny it to Jay-jay."**

*Because I have to.*

**"It's not your business to stick your nose with."** I answer and look at him with no expression.

He didn't answer. He look at me for a while before turning to Tiger.

**"Pasensya na. Kailangan ko ng iuwi si Jay-jay. Baka bigla nalang syang magwala."**

Nag-nod lang si Tiger sa kanya. Naglakad sya paalis pero nag-iwan naman sya ng matalim na tingin sakin.

I still don't know what he's really up to. Wala akong tiwala sa kanya pero mukang nakahanap si Jay-jay ng masasandalan. As for now, I will let him be with Jay. But one's he did something to hurt her I will kill him and make sure that he will never return back alive again.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 270

**A/N:** Sorry natagalan.... Eto na! 😊
Maraming textmate si Keifer! Hahahaha

Sorry sa grammar mga Tropa.

**Happy Birthday!**

Jonarissa Remolacio

Special order ng Bibingka—charot! Hahahahaha...

**Happy Birthday Sophia Roshel Flores**

Wag ka na tampo... Lalabs kita! Pakabait ka anak—anak teteng! Haha 😂😂😂

Check this story out!

**Enthusiasm Revenge**

By: Syra_Calil

**Pin**

***Keifer's POV***

Crystal clear. Ang bawat plano na pinag-usapan namin ni Keigan. Bawat ditalye at mga dapat gawin. Malinaw nyang nilatag isa-isa.

Keigan is really smart as fvck. Matagal ko ng alam yon pero ngayon ko napapatunayan ang mga kakayahan nya na minsan ko lang mapansin. I can't help but feel amaze.

He was just 14 and soon will turn to 15 but he can think like an adult. Bagay na pinagka-iba nila ni Ci kahit pareho silang matalino.

*I'm not sure though who has the higher IQ.*

My brother explained everything in front of Honey and Mr. Ryder. Dahil sabi nya, sila-sila lang ang pwedeng tumulong sakin.

Our plan have Four Major Goals.

First, I have to control my anger management issue. They said that it will be a huge problem in the future, especially when one of my enemy targets my weak spots.

Pumayag ako sa bagay na yon. Kailangan ko talagang makontrol yon, para kay Jay-jay. Ayoko nang maulit ang nangyari. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kapag naulit yon.

Second, face my relatives and Clyde of course. They will do everything to get what they want. *My inherits.*

Bukod kay Clyde, ang mga Elders din ang pino-problema ko. Pare-pareho nilang tina-target si Jay-jay. But now that she's no longer involve from me I hope they stop.

Third, face the monster. He's the last person that I'm expecting to do such thing for the sake of money. *For the sake of my inherits.*

Custody ni Keiren ang target nya nung una pero ngayong makukuha ko na ang buong mana ko. Malamang na mag-iba ang plano nya.

Lastly, protect the people around the Watson. Sila yung mga taong umaasa samin. Ang tunay na dahilan kung bakit ayaw pakawalan ni Mom ang mana.

Sounds easy but quite hard to fulfill. In order to reach our goals—*more like my goals*—I have to follow and do few things.

I have to let go of Jay-jay. *I already did.* My brother thinks she's a hindrance while I don't. I never will see her like that.

I have to be stronger. *More stronger.* Enough to defeat all those stupid enemy of mine and protect everyone around me.

I have to get more allies. *The more the merrier.* I can move freely if I have more.

I have to consult my action to them. *Which I don't think will happen.* They think I will ruin everything.

I also have to be more wiser than my enemy. I always have to think a counter attack for them.

Keigan also said that we might add things to our original plan. He's also thinking about having a Plan B incase things get fvck up.

Mr. Ryder, Honey and I agreed to his plan. Mabilis na natapos ang usapan namin samalat sa malinaw na paliwanag nya.

Sa ngayon hindi ko nga alam kung pano sisimulan ang mga yon. Pano ko naman kasi gagawin kung muka ni Jay-jay ang laging tunatakbo sa isip ko.

Sa pag-gising sa umaga, sa pagkain at pagligo. Pati sa pagbibihis at paglalakad. Ultimo panaginip ko sya ang laman. Sya lang ng sya ang tumatakbo sa isip ko. Naging dahilan pa yon para lalo ko syang ma-miss.

*Now I'm dying to see her.*

Bigla nalang akong napatapak sa preno ng kotse ko. Nawala sa isip ko ang paghatid sa mga kapatid ko sa school.

**"Next time sa driver ko nalang ako magpapahatid. Nawawala ka na naman sa sarili mo."** Keigan said before opening the car door.

My lips form in a thin line. **"Sige. Ingat."** I said almost sounds sarcastic.

Buti nalang hindi kami lumagpas sa school nya. Pagsara nya ng pinto napabuntong hininga ako.

**"You look sleepy."** Keiren said.

**"No. I'm just spacing out."**

I drive the car to Keiren school. This time I make sure that I'm focus on driving. Baka maaksidente kami nito.

**"Do Kuya Keigan and you have a problem?"** Keiren suddenly ask.

**"No. We don't have a problem. Why?"** I asnwer without looking at him.

**"Because you both look so busy."**

I cleared my throat shortly. Nahihiya ako kay Keiren. Usapang pam-pamilya dapat to pero hindi namin sya magawang isali sa usapan. Masyado pa syang bata para dito. Wala pa syang maiintindihan.

**"M-malapit na kasi ang birthday ko. Remember? We're just preparing."**

**"I thought you don't like celebrating your birthday."**

**"It's different this time."**

He nodded as if he's accepting my explanation. Hininto ko ang kotse sa tapat ng gate ng school nila. Hinayaan ko na syang bumaba mag-isa kagaya ng lagi nyang gustong gawin.

Bago paandarin ang kotse. Tinignan ko kung nasa posisyon lahat ng bodyguard ni Keiren. Umalis na ko ng makitang ayos na ang lahat.

Sa school na ang punta ko. I'm praying that Jay-jay is alright. I know she's not going to school today. Kailangan nyang magpahinga dahil sa ginawa nyang pag-iinom sa KingsGround. Dapat hindi na sya bumalik don.

Maybe I should talk to Tiger to stop Jay-jay from coming back. Hindi magandang duon sya tumatambay. Maybe Angelo doesn't still know, hindi nya hahayaan si Jay kapag nagkataon.

Pagdating sa school, halos wala ng istudyante na naka-kalat.

*Nice! I'm late.*

Sasabihin na naman ni Jay-jay na dinaig ko pa ang mga teacher at principal sa pagpasok. Mas late pa ko sa mga late.

Napangiti ako ng maalala ang panglalait nya sakin. Mas malakas pa sya mang-asar kesa sa mga kaklase namin. Pero hindi naman sya makabawi kapag ako na ang bumuska sa kanya.

Typical Jay-jay. Kaya siguro mabilis na nakuha nya ang loob ng Section E dahil hindi nalalayo ang ugali nya sa kanila.

I'm starting to miss those days. Huminga ako ng malalim para alisin sa isip ko yon. I have to focus. Our goals and plans are my priority now.

Before walking out of my car, I made sure that I have my cold expressionless face. Ayokong ipakita na my pino-problema ako. Si Jay-jay dapat ang asikasuhin nila. Sya dapat ang unang alalahanin nila.

Malapit na ko sa room ng makita ko si Josh habang yakap ang pusang itim na lagi nyang pinapakain. He look at me with plain expression before releasing a heavy sighs. Mukang hindi sya masaya na makita ako.

Naglakad na sya papunta sa room. I did the same.

Silence envelope the whole classroom upon stepping my foot inside. I just ignore and continue walking until I reach my table.

**"Pwede bang palit nalang sila? Si Jay-jay nalang ang papasok tapos sya yung umabsent. Nakakainis pagmumuka nya."** I heard Eren said.

**"Tumigil ka nga."** Kit stop him.

**"Lakas ng loob magpakita dito. Hindi pa sya umalis."** Mayo added.

**"Pre... Pwedeng tumahimik ka na?"** Felix ask with threatening voice.

**"Tangina kasi..."** It was Drew and made a small thug sound from the table.

I can't blame them. It's better to be this way. Kesa naman alam nila ang lahat-lahat. Baka maging dahilan lang yon para malaman ni Jay-jay ang totoo. Ayoko din silang isali sa gulo ng pamilya ko.

*Mas kailangan ko sila sa tabi ni Jay.*

I notice Yuri beside me. He keeps looking at me with his weird facial expression. Halatang gusto nya kong kausapin pero pinipigilan nya.

Eto ang nakakainis sa pagkakaibigan namin. Alam na alam nya kapag may nililihim ako o kaya nagsisinungaling ako. Hindi ko alam kung ganun na ba ko ka-transparent o sadyang saulado na nya ang ugali ko.

I heard my phone message tone. Someone texted me. I took it out of my pocket and check.

It was from unknown number.

**From:** *+639**********

**Message:** *Nakita ko yung classmate mo at gf mo. Magkasama sila kanina sa mini mart. Don't know if you want to know.*

Hindi ako sigurado kung sino to. Probably one of the man that I beat down and now working for me.

*My classmate?*

I immediately respond. Dalawa lang ang kilala kong malakas ang loob na lumapit sa kanya sa kabila ng nangyari.

**To:** *+639**********

**Message:** *Do you know who*? *I have 15 male classmates.*

It didn't take that long to wait for his reply.

**From:** *+639**********

**Message:** *I think his name is David. They look so serious while talking.*

I automatically look at David's chair. He's not here. My fist clenched. Hindi ko maiwasan na hindi magalit o magselos. Pakiramdam ko kumilos na sya para makuha si Jay-jay.

*Relax Keifer... You're not yet sure.*

Malamang na nakalapit sya sa kanya sa tulong ni Percy. Sinubukan kong huminahon. Sakto namang pasok nya sa pinto ng classroom. Hindi ko inalis ang tingin sa kanya hanggang sa makaupo sya.

**"Late ka. Drop ka na daw sabi ni Sir."** Ci-N said and giggle like a child.

Pitik sa noo lang ang naging sagot ni David sa kanya. Mukang nahalata nya ang ginagawa kong pagtitig sa kanya. Lumingon sya sa akin at pinagtaasan ako ng kilay.

We had a staring contest for a while. Nagkakasubukan kung sinong tatagal. It was broke when I heard my phone message tone again. I almost curse.

**From:** *+639**********

**Message:** *Just a warning. Every Gang in town is on heat. Keep your girlfriend safe if you don't want them to target her.*

*WHAT?!*

Ngayon pa talaga? Mukang napasama pa ang pagkakawala ni Ram. Naghaharian na ang mga Gang na nasa ilalim nya noon.

I can't help but feel nervous for Jay-jay. Pano kung sya nga ang pag-initan nila ngayon. Lalo na't nasa labas sya at pagala-gala. Kahit kasama nya si Percy hindi pa rin ako nakakasiguro.

Isa lang ang option na meron ako ngayon. I open my phone and search for that special app Edrix made for us.

*OTJ101*

This is the ten'th version of the app. Nahirapan kasi si Edrix na gumawa ng app na para sa amin lang. It has two part, one is for Jay-jay and the other one is for me.

Yung nasa cellphone ni Jay ang sender samantalang sa akin naman ang receiver. Kaya lahat ng messages nya at mga tumatawag sa kanya, nakakarating din sakin.

I know i'm invading her privacy but we have to know when Percy will contact her again. We're trying to caught him back then. Pero madalas ko ding gamitin ang app na to para malaman kung nasan sya at syempre kung sinong kausap nya.

Madalas ko din syang mahuli na nasa labas kahit dis-oras na ng gabi dahil dito. Ito rin ang dahilan kaya alam namin kung saan sya pupuntahan kapag nasa panganib sya.

I waited for a while before it pop up a map. There's a pin that pointed out her current location.

I arched brow. The pin is actually moving fast which mean she's also moving. Masyadong mabilis ang pag-galaw ng pin. Iba sa normal na kilos nito unless nalang kung naka-sakay sya sa moving vehicle.

*Pero saan naman sya pupunta.*

She's with Percy. Hindi naman siguro nya dadalhin si Jay-jay sa kung saan. Alam naman nya kung anong pwede kong magawa sa kanya kapag sinubukan nyang ilayo si Jay.

I decided to put down my phone. Hindi ko sya masisisi kung gusto muna nyang magliwaliw para maibsan ang galit at sakit. But sooner she have to face us again. Hinahayaan lang sya ni Angelo ngayon dahil sa nangyari pero hindi sya papayag na sirain ni Jay ang pag-aaral nya.

**"Hindi pa rin ba papasok si Jay? Nag-aalala ako sa kanya."** I heard Blaster.

**"Hanga't nandito si Keifer hindi papasok yon."** Denzel answered.

Hindi. Hindi sya pwedeng hindi pumasok. Hindi na rin naman ako magtatagal. Kakailanganin ko ding umalis. Sa mga oras na yon, sila na muna ang bahala kay Jay.

Napasandal ako at nag-cross arm. Hindi talaga ako mapakali n hindi nakikita si Jay. I miss her so much. Gustong-gusto ko syang makita pero kailangan ko ng sanayin ang sarili ko na tiisin sya.

Napatingin kaming lahat sa pinto ng bigla nalang pumasok si... *Percy?*

Agad kong tinignan kung may kasunod sya. Nagbabakasali na papasok din si Jay-jay pero wala.

My forehead crease. Kung andito sya, kaninong kotse nakasakay si Jay-jay? Sinong kasama nya? Did she run away from him?

**"Hoy David!"** He shouted. **"...Bakit hindi mo sinasagot tawag ko?!"**

David took his phone. **"Naka-silent, sorry."**

May mali sa itsura ni Percy. He's catching his breath. He look uncomfortable and tense. Para bang meron nangyaring hindi maganda.

*Shit! Hindi kaya...*

**"What the fvck are you doing here?"** I ask calmly but with authority.

Ayokong kumilis ng pabigla-bigla dahil hindi pa naman ako siguro. But I have this feeling that something bad happened to Jay-jay.

Hindi pa rin mapakali si Percy which makes my suspicions grow. Nasuklay din nya ang buhok kasunod ng paghilamos sa muka gamit ang kamay. Hindi na sya nakatiis at agad na inagaw ang cellphone ni David.

**"Anong nangyayari sayo?"** David ask.

Pasimple kong binuksan ang phone ko. I check Jay-jay's current location. Ganun nalang ang pagtataka ko ng mapansing nasa malayong lugar sya. Malayo sa city at nakalagpas na din ng highway.

I press the pin to show more details. It gives me the exact location and address on the map. Sa isang dating opisina ng nalugeng company. Anong ginagawa nya don?

*Fvck! Is she being kidnapped?*

I look at them and saw Percy calling someone. But it looks like no one answered.

**"Fvck!"** He shouted and gave the phone back to David.

**"Ano bang nangyayari sayo?"** David ask again.

**"Nawawala si Jay-jay."**

*I knew it!*

Nabalot ng pag-aalala at pagka-alarma ang kaklase namin. I try my best to remain calm but the truth is I badly want to kill Percy.

Hinayaan nyang mangyari to kay Jay-jay! Ano ba kasing ginagawa nya?!

"*Ano*?!"

"*Baka naman may pinuntahan lang!*"

"*Oh baka umuwi sa kanila!*"

Their reaction while figuring out what exactly happened. I heard my phone message tone. I open it and it is another unknown number.

But this one is different from the first message that I received.

**From:** *+639*********

**Message:** *We have your precious girl. Same place in 30mins or you'll found her naked in our bed. Haha*

My fist clenched while holding my phone, I almost broke it. Hindi ko alam kung sino sila. Pero hahanapin ko sila at uubusin ko. Wag na wag silang magkakamaling idikit ni dulo ng daliri nila sa Jay-jay.

**"Ikaw ang kasama nya! Bakit hindi mo alam kung nasan sya?!"** Yuri shouts at Percy.

He turn to Yuri and gave him a deadly glare. He's obviously unhappy because of the way Yuri talk to him.

**"Wag mo kong sermunan!"** He said while pointing his finger at him.

**"Ano ba kasing nangyari?!"** It was Felix.

**"Bigla syang nawala... Tinapos ko lang yung away na sinimulan nya tapos biglang nawala."** Inis na paliwanag ni Percy.

Napa-away sya? This is not good. Buong akala ko tinutulungan sya ni Percy na ayusin ang buhay nya pero mukang sinusuportahan pa sya.

Nilalayo dapat nya si Jay sa gulo! Nag-iisip ba ang isang to?

**"Wala ka man lang gagawin?!"** Yuri suddenly ask me.

I look at him without changing my expression. I slowly stand up and throw my phone at him. He catch it.

**"I already know where she is."** I added before walking out of our room.

Wala akong paki kung sumunod sila sakin o hindi. Basta ang alam ko lang uubusin ko sila. Silang kumuha kay Jay-jay. I will ripped them into pieces.

Nakarating ako sa parking at mabilis na sumakay ng kotse. Pina-andar ko yon ng hindi alintana kung may masasagasaan. All I care is Jay-jay and her safety. Those bastards will die!

Napatingin ako sa sideview mirror. I saw Yuri and David's car. They followed me of course. Pero wala akong plano na hintayin sila. I step on the gas as if I'm on a race.

*Fvck them!*

I'm in a hurry to kill them. I feel more than livid. I badly want to break them. Sisiguraduhin kong hindi na nila uulitin to. At kung pwede lang na burahin ko na sila sa mundo gagawin ko.

I turn left when I saw a short cut. Ito rin ang nakita ko si map na dinaanan nila. Dinig ko ang biglaang pag-preno ng mga kotse sa likod ko. Pati ang malakas na busina nila. But I don't give a fvck about them.

Hindi ko na nakita ang kotse nila Yuri mula sa likod. Mukang naipit sila sa ginawa kong traffic. Ako nalang muna ngayon.

*I will save Jay-jay no matter what.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 271

## Blind kiss

***Keifer's POV***

Puro bukid ang paligid na dinadaanan ko. Hindi ko alam kung nasan na ko basta ang alam ko lang malapit na ko kay Jay-jay. May kaunting kabahayan akong nakikita pero hindi ganun kadami. Sa sobrang bilis kong magmaneho dinig na dinig ko ang ugong ng makina ng sasakyan ko.

Naglalaro sa 100 to 120 kilometers per hour ang takbo ko. Kung sino mang kumidnap kay Jay, mautak sila para dalhin sya sa malayo. Subukan man nyang tumakas agad din syang mahuhuli.

It didn't take that long when I saw the old building. Nasa tatlong palapag yon at kupas na kupas na ang pintura. Burado na din ang pangalan nito at natitira nalang ang salitang '*coop*'.

I stop the car just a few meters away. Hindi nila ko pwedeng makita agad. Mabilis akong bumaba. Malalaki ang hakbang ko habang palapit. Dalawang lalaki agad ang nakita ko na naninigarilyo sa entrance ng buidling.

Hindi pa man sila nakakatayo ng maayos ng ihampas ko sa pader ang ulo ng isa. Mabilis namang napa-atras ang kasama nya pero hindi ko na hinayaan pang maka-alis. Sinakal ko sya at nilapit ang muka sakin.

**"Where the fvck is my girlfriend?"** I said with a growling voice.

**"N-n-n-na-sa..."** Hindi na nya magawang ituloy ang sasabihin dahil sa pagkakasakal ko kaya tinuro nalang ang ikatlong palapag.

Binitiwan ko sya pero binigyan ko muna ng isang malakas na suntok bago sya talikuran. I walk inside the building. Hinanap ko agad ang hagdan papuntang second at third floor.

Habang paakyat nasa lubong ko ang isang pamilyar na tao. Bago pa sya makasigaw tinadyakan ko na sya sa dibdib. I'm not sure about his name but I know his from the stupid Alphabet Gang.

Yung gang na gumagamit ng letter for codenames. Muka silang tanga kaya tinawag ni Yuri na Alphabet Gang. Matagal ng nawala ang grupo na to pero alam kong matagal na namin silang natalo.

Malamang na kaunti nalang sila ngayon dahil walang masyadong nagkalat sa building. Dumiretso na ko sa third floor. Nasa hagdan palang ako may naririnig na kong nagtatawanan.

Pinakinggan ko mabuti kung saan galing yon. Sa nakabukas na pinto, nakita ko si Jay-jay na nakatali sa bangko habang nakapiring. Nasa dulo na sya ng kwarto at nasa kanya din ang mata ng lahat kaya walang nakapansin sakin.

Mukang sya rin ang pinagtatawanan nila. I took advantage of the situation. Tinignan ko silang lahat at inalam na rin ang layo nila sa pwesto ko. Binilang ko na din sila.

**"Babae..."** One of them said. **"...Kalat na sa lahat ng grupo dito na ikaw ang girlfriend ni Keifer. Kaya bakit kami maniniwala sayo?"**

Mukang ako ang may kasalanan sa part na yon. Lagi ko kasing sinasabi sa iba na girlfriend ko sya kahit hindi pa naman talaga.

*Nice job Keifer.*

She's definitely going to be my girlfriend anyway. Advance ko na para alam na ng lahat na akin sya. Para wala na ring magtatangkang pumorma sa kanya.

Actually pwede ko na nga ring i-announce na asawa ko sya. She's my soon to be wife. Kayalang masyado ng advance yon at baka magalit na si Jay.

Dun muna ko sa girlfriend.

**"Hindi naging kami..."** She said. **"...Kasi ginamit lang nya ko."**

Para akong sinapak sa sinabi nya. But I realize my mistake.

Alam kong masakit sa kanya pero masakit din sakin yon. Masakit sakin na kailangan ko syang saktan.

*No worries... She's still mine. I'll make sure of that.*

**"Ginamit lang nya ko para makaganti sa kapatid ko."** She breaths out **"...Wala eh! Ako si tanga, nahulog naman sa bitag nya."**

**"Ouch."** Someone commented.

**"Anong ginawa sayo ni Keifer?"** One of them ask.

She shook her head as if she's not ready to tell the whole story. I didn't move. I want to know what she's going to say.

But I'm quite confuse. Bakit parang nakikinig sa kanya ang mga inutil na to? Parang nawala na sa isip nila na kidnapper sila at hostage si Jay-jay.

May pagka-tsismoso pala ang mga to.

**"Edi pina-ibig ako! Dakilang pa-fall ang putik tapos nung na-fall ako sasabihin—*jok-jok-lang!*"** Inis na sabi nya. **"...buti nalang hindi nabiyak ang buko. Muntik ng bumagsak ang bataan."**

*It's not a joke and I'm not pa-fall.*

**"Gago pala talaga! Pa-asa ang bwisit!"** One of them commented again.

I arched a brow. Sila pala talaga ang nagkomento non. Nakakahiya naman sa kanila.

Kanya-kanya sila ng sinasabi tungkol sa kwento ni Jay. Meron pang minura ako which makes me pissed. Parang nagkaroon ng story telling at ngayon kakampi na sila ni Jay-jay.

Ayoko pa sanang putulin ang kwentuhan nila. But we have to leave now.

**"Nice story."** I interrupted them.

Kitang-kita ko ang pagka-alarma nila. Kanya-kanya ng tayo at paghahanda. Tama nga ako. Kulang na nga sila dahil hindi ganun kadami ang bilang nila kagaya dati. Hindi na kumpleto ang alphabet.

Nakita ko pa yung leader nila—*what his code name again? Z?*—sa tabi ni Jay-jay. His fist are clenching. Mukang matindi ang galit nya samin o sakin.

Sa tingin ko nagalit sya ng husto dahil sa pag-tawag namin ng ALPHABET GANG sa kanila. Wala naman kasi talagang name ang grupo nila. Dala ng pang-aasar nila Yuri, Felix at Ci-N. Tinawag silang Alphabet at kinantahan ng ABCD song.

I look at Jay-jay. She's a bit tense but not scared at all. Maybe she recognized me.

**"That was a heart warming story. Yun nga lang may kulang."** *Because you didn't know the part that I fvcking fall in love with you.*

Bigla nalang may sumugod sakin ng suntok. Sinagi ko lang ang kamao nya kasunod ng pagsuntok ko sa kanya. Dahil don naging sunod-sunod ang pagsugod nila.

It was so easy. Masyado ng mahina ang grupo nato. Idagdag pang padalos-dalos ang kilos nila at parang hindi pinag-iisipan.

Sunod-sunod ang mura nila sakin habang sumusugod. Kanya-kanya sila ng sinasabi na hindi ko maintindihan. I grab one of them and flip him in the air. Naging masakit ang pagbagsak nya.

Pilit bumabangon ang iba para balikan ako. Pinalipit ko yung braso nung isa bago tadyakan sa tuhod ang isang pasugod sa sakin. He probably broke a bone. Halos wala ng sumusugod sakin at parang mga pasuko na hanggang sa may kamao ang tumama sa muka ko.

It's make me so damn angry. May nakasalisi pa ng suntok sakin.

**"Gago ka!"** Z shouted at me.

**"Hindi ka marunong madala."** I said while rubbing my jaw that he hit. **"...Pinabagsak na kita noon, eto ka na naman."**

He smirked. **"Eh anu ngayon?!"**

I gave him a deadly glare. Mayabang pa sya samantalang iisa nalang syang makakalaban sakin. Bagsak na ang mga kasama nya. Kaya pala dinamay nya pa si Jay-jay. Dahil umpisa pa lang, wala na silang laban sakin. They kidnapped her thinking that I will surrender. Dinamay nya pa ang babaeng mahal ko.

**"Dinamay mo pa—*yan*!"**

*I almost said mahal ko.*

**"Daldal mo!"** Someone shouted from my back.

Mabilis akong umikot para iwasan sya at itulak pasubsob sa sahig. I knew I sense his presence behind me. Kaya nga pala malakas ang loob nitong Z na kalabanin pa rin ako.

Tumilapon sa sahig ang nagtangkang sumugod sakin. Tumilapon din ang kutsilyong hawak nya na malamang tinangka nyang isaksak sakin.

Halatang nagulat yung Z at nataranta. Bigla nalang tumayo yung tinulak ko at dinampot ang kutsilyo. Akala ako babalikan nya ko pero ibang direksyon sya pupunta.

*Papunta kay...NO!*

**"Ngayon na A!"** Sigaw nung Z.

Umamba ng saksak yung A kay Jay-jay. Blood rush through my veins. Kusang humakbang ang mga paa ko para makalapit sa kanya at pigilan sya. His knife is inches away from Jay before I grab his wrist and didn't let go. Pero kasunod naman non ang pagtama ng matalim na bagay sa kanang tagiliran ko.

Napahigpit ang hawak ko sa pulsuhan nung A. Kasunod ng paglingon ko sa likod ko. Nakangisi ng mayabang sakin si Z na parang sinasabi nya na talo na ko.

Agad ko din hinawakan ang pulsuhan nya na dinidiin ang pagkaka-saksak sakin. Pain is roaming around my nerves but I can't shout. Hindi pwedeng marinig ni Jay ang paghihirap ko.

Dahan-dahan akong umatras para mailayo sila sa kanya. Lalo pang diniin nung Z yung pagkakasaksak sakin. Samantalang inaagaw naman nung A ang kamay nya.

Nang makalayo bigla nalang ang sinuntok nung A sa dibdib gamit ang isang kamay nya. Nabitawan ko sya kaya nakakuha sya ng pagkakataon para saksakin din ako. Naging mabilis ang pangyayari, hinablot ko ang kwelyo ni Z gamit ang isang kamay ko para mahatak sya at gamiting panangga.

Kitang-kita ko kung pano sya nasaktan sa pagkakatama sa kanya. It's my turn to smirk back at him. Nalamangan nya ko but that's not gonna happen again.

He fell down and look at A whose face is in horror. I grab his neck and choke him until he loose his consciousness. Wala akong planong patayin sya. Gusto kong maghirap sya at habang buhay dalhin ng konsensya nya ang nagawa nya sa kaibigan nya.

*I'm not that evil.*

Nakatarak pa rin sakin ang patalim ni Z. Hindi ko mahugot dahil paniguradong aagos ang dugo ko. Ayaw ni Jay-jay sa dugo. Baka mataranta sya kapag nakita nya ko.

Dahan-dahan akong humakbang palapit sa kanya. Kumikirot ang tagiliran ko sa bawat kilos ko. Napapangiwi nalang ako dahil sa sakit.

**"S-sino yan?"** Jay-jay ask sounds scared. **"...A-anung n-nangyayari? Asan si K-keifer?"**

*Hey... It's me.*

Hindi ako makapagsalita dahil sa kirot na nararamdaman ko. Pinilit ko nalang makalapit sa kanya agad. I need to check if they hurt her.

**"S-sino ka ba?"** She ask again. **"...I-ikaw ba y-yan Keifer? Magsalita ka naman."**

I stop in front of her. Malalim ang paghinga ko dahil sa kirot na nararamdaman ko. Tinignan ko ang kabuuan nya. Wala namang palatandaan na sinaktan sya ng mga yon. Maybe few little bruises.

Panay ang pilit nyang maka-alis sa pagkakatali nya. Tutulungan ko na sana sya pero napatingin ako bigla sa labi nya.

I remember my harshness the last time I kiss her. Gusto kong mag-sorry sa kanya dahil kailangan kong gawin yon. Ang dami kong gustong sabihin sa kanya. But I have to save it for a while. Hindi pa nya pwedeng malaman. Tama ng ganitong sitwasyon muna kami.

Her cheeks have few little bruises and dirt. I smiled bitterly.

*Sorry for making you suffer like this.*

Hinawakan ko ang pisngi nya. Agad nyang iniwas yon dahil na din siguro sa takot.

**"Putik! Lumayo ka! Wag mo kong hahawakan!"** She shouted while pulling her face away.

I bit my lips to hold my laugh. She just said a profanity.

**"Keifer!"** She called me. **"...tulungan mo ko!"**

Nawala ang ngiti ko at mas lalo pang lumapit sa kanya pero sya naman tong layo ng layo.

*I'm here...*

She's about to cry, I can sense it. Nakita ko ang panginginig ng labi nya. Gusto kong maramdaman nya na ligtas nya sya. But somehow my eyes are focus at her lips.

Parang magnet yon na humahatak sa labi ko. The next thing I know, our lips are being lock together.

*I badly miss kissing her.*

For a while I can feel that she felt protection and relax. She stop moving as if she's figuring out who I was.

*It's me... The man that you love. You're safe now. No one will hurt you now. I will protect you no matter what.*

I pulled away to catch our breath. Ganun nalang ang pagtataka ko ng mapansin kong parang maiiyak na sya.

**"Wag... Please."** She begs. **"...maawa ka sakin."**

Maybe she doesn't recognize me. Tumayo ako para sana alisin ang piring nya pero bigla nalang kumirot ang tagiliran ko kasunod non pag-agos ng dugo. Wala akong choice kundi hugutin ang kutsilyong nakatarak pa rin sakin.

Napa-atras ako dahil sa kirot. Ilang beses akong huminga ng malalim bago muling tangkaing hugutin ang patalim. Nanlambot ng hindi man lang magalaw yon. Mukang kailangan ko ng tawagan ang mga kaibigan namin.

Napaluhod ako dahil sa panlalambot. Sinubukan kong tumayo at huli ko na napansin na napapalayo na pala ako sa pwesto ninl Jay-jay.

Huminga ako ng malalim. Diniinan ko ang hawak sa hawakan ng patalim. Isang mabigat at malalim na paghinga kasabay ng buong lakas kong paghugot mula sa tagiliran ko.

Muntik na kong pasigaw sa sakit pero hindi napigilan ang pagbagsak ko sa sahig. Gumawa yon ng malakas na ingay. Mabilis akong tumayo kahit parang ayaw na makisama ng katawan ko. Tinignan ko si Jay at akmang lalapit sa kanya ng may bigla nalang sumigaw ng malakas.

**"JAY-JAY!"**

Tinignan ko ang papasok na Percy at tuloy-tuloy na lumapit sa kanya. Kasunod nya ang buong Section E na napatingin na din sakin.

Sinenyasan ko silang puntahan si Jay-jay. Pinilit kong maglakad paalis. Hindi pwedeng makita nya ang kalagayan ko. Hindi pa ko nakakalapit sa pinto ng mapaupo ako.

**"Keifer..."** It was Eren trying to help me.

Lumapit na din sakin si Josh at pilit nila kong hinatak palapit sa pinaka-malapit na pader. Sinandal nila ako don.

**"Patingin ako ng sugat mo."** Sabi ni Josh pero tinabig ko ang kamay nya.

**"Don't. She doesn't have to know."**

**"You're badly wounded Keifer. Hindi mo maitatago sa kanya yan."** It was Yuri.

Nakita kong natanggal na nila ang pagkakatali nya sa bangko. Hindi nya ko pwedeng makita.

Sinubukan kong tumayo kayalang nahihirapan na ko. Nakakaramdam na din ako ng pagkahilo dahil sa dami ng dugong nawala sakin.

Tinulungan ako ni Eren na makatayo. Ganun din ang ginawa ni Josh. Nakita ko agad ang si Jay-jay na halatang gustong lumapit sakin.

*Don't!*

Hindi ka pwedeng lumapit sakin. You don't like blood. I don't want her to feel uncomfortable because of me.

Hindi na sya gumalaw pa sa kinatatayuan nya. I force myself to walk while Eren and Josh are still helping me. Hanggang sa makarating kami sa labas naka-alalay pa rin sila. Sinakay nila ko sa kotse ni Yuri.

Nakita kong sumakay si Jay-jay sa kotse ni Percy. Hindi ko maiwasan na tignan sya habang nakatingin samin. Malungkot ang mga mata nya.

*I'm so sorry Jay.*

Mahalaga lang sakin na ligtas ka. Hindi na importante sakin kung alalahanin mo ko. Kakayanin ko kahit ilang sugat pa. Hindi ako papayag na maulit to na saktan ka nila.

Naka-alis na ang kotse nila at tanging pagtanaw lang ang nagawa ko.

**"Keifer! Akin na susi ng kotse mo, ako na mag-d-drive."** Felix said.

I handed my car keys. Sumakay na si Yuri at pumwesto sa driver's seat. Sumakay na din si Ci-N, Eren at Josh sa backseat.

**"Dadalhin ka namin sa ospital."** Sabi ni Yuri at pina-andar ang kotse.

Hindi na ko makasagot. Iniisip ko kung pano masisiguro na hindi na mauulit ang pangyayaring to. Mukang kailangan kong pilayan lahat ng Gang o grupo na nakalaban ko para bantaan sila.

Nakakaramdam na ko ng panlalamig. Hindi ko alam kung dahil ba sa aircon ng kotse. Kusa ding bumabagsak ang mga talukap ng mata ko.

**"Keifer!"** Yuri called me but I can't respond.

My body is automatically dragging me to sleep. Kahit anong pilit kong idilat ang mata ko parang antok na antok pa rin ako. Naririnig ko sila Yuri at Ci-N pero hindi ko maintindihan ang sinasabi nila.

My sights are all blurred. I don't know what's happening around me but I can feel them carrying me somewhere. Matagal bago ko napansin na nakahiga na ako sa isang malambot na bagay. May umaandar din na ilaw sa harap ko. O mas tamang sabihin na ako ang gumagalaw.

Unti-unti ng dumidilim at ang tanging huling bagay sa isip ko ay si Jay-jay at ang malungkot nyang mga mata.

I don't know how long I've been unconscious pero nagising ako dahil sa sari-saring boses na naririnig ko. Para silang nag-uusap-usap pero kaunti lang sa kanila ang naiintindihan ko.

**"Okay naman daw si Jay-jay sabi ni Kuya."** It was Felix.

**"Ano bang problema ng Alphabet group na yan?"** It was Calix sounds pissed.

**"Ewan... Basta kailangan nating masiguro na hindi na mauulit to."** Yuri said.

That's right. I have to make sure that this won't happened again.

Dinilat ko ang mata ko at pinagmasdan silang lahat. Natahimik ang ilan sa kanila ng makitang may malay na ko.

**"Keifer... May nararamdaman ka ba?"** Yuri ask while walking in my bedside.

**"S-si Jay-jay?"**

**"Okay na sya. Baka naka-uwi na yon."** It was Felix who answered.

Bigla nalang may tumalon sa kama ko sa paanan. It was Ci-N all smile.

**"Bakbakan ba ulit?"** Tanong nya.

Dinampot sya ni David sa kwelyo sa batok bago hatakin paalis sa kama ko.

Sinubukan kong bumangon pero agad na kumirot ang sugat ko.

**"Easy... Malalim daw ang sugat mo at maraming nawalang dugo sayo."** Sabi ni Eman habang tinutulak ako pahiga.

**"I-i have to make sure that this won't happen again. I have to send threats to other group."** I said.

Pansin ko ang pagtitinginan nila. Some looks so confuse while the other has this mocking face as if they don't believe me.

**"Gulo mo din. Ipagtutulakan mo si Jay-jay tapos kanina lang nagbuwis ka ng buhay."** Mayo said while shooking his head.

**"Ano ba kasi talagang problema?"** Kit said look so worried. **"...kung may galit ka pwedeng samin mo nalang bunton? Wag na kay Jay."**

**"May nangyari bang hindi namin alam?"** Rory ask.

I shook my head. **"It was all about the plan."**

**"Plan our ass! Hindi kami tanga! Alam naming tumigil ka na!"** It was Denzel.

**"Ano na ngayon? Ano nang balak mo?"** Drew ask.

I breath heavily. I try to clear my thoughts. I only have one thing in my mind.

**"Protect Jay-jay. Send warnings to those who tries to touch her."** I said with authority.

**"Ang gulo mo Keifer. Pero kahit ano pa yan, para kay Jay-jay."** David said.

All of them nod and said the same thing. For Jay-jay for her safety.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 272

**A/N:** Nabasa ko yung mga comment sa book 2. Hnd ko alam kung mtatawa ba ko o ano.

Sav ko dti nung binubuo ko si Jay-jay, ayoko ng perfect na bida. I want someone that aside from being adored, eh kaiinisan din nila. Kasi dun ko malalaman kung talagang na-aapektuhan yung readers ng mga characters.

Kayalang nung dumting na sa chapter na nagka-alaman na. Hindi na nag-comment yung mga galit na galit sa kanya. Feeling ko hindi na sila nagbasa dahil sa inis. Hahahahahahahaha. 😂😂😂😂😂

Anyway, I feel satisfied kasi nabasa ko yung mga saloobin nila. Talagang apektadong-apektado sila. I hope sa part III na to, magawa ko yung gusto ko. Mabawi ko yung inis nila kay Jay-jay. Hahahahahahahahaha...

Maraming salamat Tropa! Sa patuloy ninyong pag-suporta. Sana hanggang sa huli anjan pa rin kayo.

**Happy Birthday!!**
Jhazz Czrine
Andrea Claire Argelio
Justine Anor MorenaBeLike

**Shout out din kila.**
Shyrielle
Shane
Rica
Masay
Bessing
Ella
Noelyn
Frenny
HyascintMalik

Sorry sa wrong grammar at typo.

**Warning**

***Keifer's POV***

Makirot ang sugat ko pero hindi ko iniinda yon. Baliwala sakin ang sugat na to. Kailangan kong magawa ang mga dapat kong gawin.

**"Kaka-buo lang natin ng plano tapos eto ka ngayon at nakaratay dyan."** Keigan scolded me like an adult man.

**"Hindi ko naman ginusto to."** I said almost whispering.

He released a heavy sigh. **"Uuwi muna ko para asikasuhin si Keiren."**

Naglakad na sya paalis pero bago makarating sa pinto lumingon muna sya sakin.

**"Please... Have a full rest."**

My lips form in a thin line and answer him in a small nod. Tuluyan na syang nakalabas ng pinto. Para akong nakahinga ng maluwag ng marinig ko ang pag-click ng doorknob.

Naging bossy si Keigan habang kinakagalitan ako. I instantly forgot whose the eldest between us. I only gave him authority to be the head planner. Pero parang binigyan ko din sya ng authority na maging boss ko.

*Tss...*

Bahagyang bumukas ang pinto ng CR at sumilip don si Yuri.

**"Wala na ba?"** He ask.

**"Wala na... Labas na dyan."**

He widely open the door before walking out of the comfort room. Felix, Ci-N and David are walking after him.

Napilitan silang magtago sa CR nung nalaman nilang padating si Keigan. Paniguradong makiki-alam sya samin kapag nalaman nyang may plano kami.

Presensya palang ng mga kaibigan ko, nagkakaroon na kagad sya ng hinala.

Pati ibang mga kaibigan namin napilitang lumabas ng kwarto para lang makapag-tago sa kanya. Ang hindi ko lang maintindihan kung bakit lahat sila nawala. Pwede namang maiwan ang isa o kaya dalawa.

**"Ang bango nung CR. Panalo ang amoy."** Felix said while smelling himself.

**"Hindi yon CR. Utot ko yung naamoy mo."** Ci-N answered and laugh.

Kitang-kita ko ang pag-ngiwi ni Felix. Aamba na sana sya ng batok pero naunahan na sya ni David.

**"Aray..."**

**"Don't lie. Hindi mabango ang utot mo. Tested and proven na yan."** David said. **"...Jay-jay can also prove it."**

Awtomatikong tumingin ang mga mata namin sa kanya. Para syang nagbanggit ng kakaibang salita.

**"Ay... Insensitive."** Bulong ni Ci pero parang pinarinig talaga.

**"Oh bakit? Di ba si Jay-jay nga ang dahilan kaya tayo andito? Stop acting surprise everytime you hear her name."** David said before crossing his arm.

Tinignan ako ni Ci habang nakanguso. Para bang hinihintay nya kung sasagot ako. May punto naman si David pero hindi ko maiwasan na hindi mapalingon kapag naririnig ko ang pangalan nya.

*Lalo na kung galing sa bibig nya.*

**"That's enough. Tawagan nyo na yung iba. Marami tayong pag-uusapan."** I said to make them stop.

**"Ginawa ko na."** It was Yuri while holding his phone.

Hindi din naman nagtagal bago bumukas ang pinto at magpasukan ang mga luko. Nagkaka-ingay pa sila habang ang iba nagtutulakan.

**"Pota Pre! Kinabahan talaga ako kay Keigan. Iba presensya nya ngayon."** Sabi ni Drew.

**"Walang nagbago. Mas yumabang lang sya."** Inis na sabi ni Blaster.

Mukang hindi pa rin tapos ang away nila.

**"Wow... Tapang ah. Andito yung kapatid. Kaharap mo."** Pang-aasar ni Denzel patukoy sakin.

**"Eh ano? Hindi naman ako nandito para sa kanya. Andito ako para kay Jay-jay."**

It doesn't really matter to me if he still have an issue with Keigan. Ang lakas lang ng loob nyang magsalita ng ganun sa harap ko. Tama rin naman sya na kaya sya andito ay dahil kay Jay-jay.

*That's what I want anyway.*

**"Are we all complete?"** Yuri ask them.

Tinignan naman nila ang isa't-isa para malaman kung may kulang nga.

"*Parang kulang.*"

"*Oo nga.*"

"*Kulang nga tayo.*"

I look and silently count them. Parang wala namang kulang.

**"Sinong wala?"** Felix ask.

**"Si Ci-N wala."** It was Drew who answered.

Mabilis na sumibangot si Ci at tinuro ang sarili.

**"Andito me!"** He said.

They all look at him with this weird smile. Mukang alam ko na ang susunod na sasabihin nila.

**"Tatayo ka kasi. Hindi ka tuloy namin nakita."** Mayo started and they all laugh.

I smiled shortly. Sa ngayon wala akong dapat ipag-alala sa kanila. Alam ko namang hindi nila papabayaan si Jay-jay lalo na kapag umalis ako.

**"Tatangkad din ako. Kala nyo!"** Inis na sagot ni Ci.

Nag-cross arm pa sya habang padaskol na sumasandal sa pader. Hindi naman sya pinansin ng mga luko.

**"That's enough. Let's talk about our plan."** I said and they seriously look at me.

Ang totoo kagabi ko pa iniisip ang bagay na to. Hahamunin ko lahat ng grupo sa lugar namin. Kung hindi sila madadaan sa pagbabanta ganun ang gagawin ko.

At kapag natalo ko sila....*they will become my underdogs.*

Keigan told me to have more allies. And that's what I'm doing now. Gathering all the allies that I can get. Sisimulan ko sa pinakababa bago ako kumuha ng mas makapangyarihan pa.

*Just like Angelo.*

**"Nagpadala na kami ng warning sa mga nakalaban natin dati."** Yuri said while still holding his phone. **"...as expected, they just laugh and ask if they could have a one on one fight with you."**

**"Meron namang iba sa kanila na nanghihingi ng kondisyon."** Rory added. **"...gusto nilang makaharap ka at makalaban ka pero kapag natalo ka. Magiging alila ka nila."**

**"Hindi pwedeng ganito. Walang gustong makinig sa warning na pinadala natin."** Edrix said and put his hand on his chin.

**"Kung hindi kaya, baka mas mabuti kung manghingi nalang tayo ng tulong sa pinsan ni Jay-jay."** Drew suggested.

Napatingin kami ni Yuri sa kanya. Alam kong alam nila na malakas ang pinsan ni Jay pero hindi ko alam na may alam sila tungkol sa mga ginagawa nito at mga kayang gawin nito.

**"What do you mean?"** I ask.

**"Sinabi sakin ni Tiger kung anong klaseng tao ang Kuya ni Jay. Mas marami syang galamay kesa sa inaasahan natin. Lahat ng yon inipon nya mula pagkabata nya. Magagamit natin yon para protektahan—."**

I cut him. **"No! We're not going to ask for his help."**

**"I think Drew is right."** David said. **"...aminin man natin o hindi, mahina tayo. Kulang sa karanasan at sa mga taong pwedeng tumulong satin."**

**"Kaya nga natin gagawin to. Para baguhin yon."** Yuri said.

**"Kulang sa panahon. Hindi na pwedeng magkaroon ng trial and error."** It was Denzel.

**"Hindi ako sang-ayon na humingi tulong sa Kuya nya."** Felix interrupted. **"...paniguradong malaki ang magiging kapalit non."**

**"Ilalayo nya si Jay-jay satin!"** Ci-N shout and look scared. He even slap both of his hand in his face.

**"Mas maganda! Tutal hindi naman sya ligtas dito satin!"** Josh answered.

**"Pano ka nakakasiguro na ligtas din sya paglayo satin?"** I ask and they all shut their mouth. **"...mas mahirap magbaka-sakali lalo na kung malayo sya."**

**"Tama si Keifer."** Yuri agreed. **"Mahihirapan tayo kung mapapalayo sya. Baka hanggang sa pupuntahan nya sundan sya ng mga nakalaban natin."**

Kaya hindi sya pwedeng malayo sa mga kaibigan namin. Mas ligtas sya kung andito lang sya.

**"Bilisan mo ng mag-decide Keifer. Baka kapag buo na pasya mo, sampung grupo na ang sumugod kay Jay."** Calix said.

I nodded. Sa ngayon hindi pa ko makasugod sa mga grupo nag-aaya sakin ng laban. Nasa ospital pa ko at hindi pa rin pinapayagan ng Doctor na lumabas.

They continue talking about plan. Some gave suggestions while the other gave their opinions. May mga nagsasabi din na humingi na ng tulong kay Angelo.

*Tss... Hindi pwede.*

Alam kong may kutob na sya sa mga nangyayari. Malamang na hinihintay lang nya kong lumapit sa kanya at syempre bibigyan nya ko ng kondisyon na hindi ko pwedeng tanggihan.

Mautak masyado si Angelo. Mahirap lamangan. Kung sa kanya ko dapat matutunan ang pagiging matalino para malamangan ang kalaban.

**"Keifer!"** Felix called me. **"...nagtext si Kuya! Kakatapos lang daw makipag-ayaw ni Jay-jay sa isang grupo."**

Binalot ako ng pag-aalala. Eto na nga ang sinasabi ko.

**"Anong lagay ni Jay?"** Yuri ask.

**"Okay naman daw. Kayalang yung grupong nakalaban nya mukang nakalaban din natin dati."**

*Damn it!*

Wala talagang gustong makinig sa warning na pinadala namin. I have no choice.

**"Ci-N! Call your father, tell him to discharge me now."** I said and force myself to stand up.

Pare-pareho silang lumapit sakin para pigilan ako.

**"Tumigil ka nga!"** Yuri shouted at me. **"How will you fight when you're like this? Hindi mo pa nga nababawi ang lakas mo!"**

**"I will hunt those bastard and use them as an example."**

**"Kami na ang gagawa."** David said that make me stop. **"Wag mo na pilitin. At isa pa mahihina lang ang mga yon. Kaya na namin."**

**"Tama si Dabid. Kami nalang bahala. Pahinga ka tapos isip ka plano."** Ci-N said while stretching his legs.

Obviously warming up for a fight. Hindi halatang excited sya.

**"Sasama ako sa kanila."** Yuri said and force a smile. **"... It's the least that I could do."**

**"Maiiwan ako dito. Ako mag-aayos ng message na ipapadala natin. Basta send nyo kagad sakin ang mga picture."** It was Edrix while taking his laptop out of his bag.

**"Tara na! Tara na!"** Aya ni Mayo.

**"Papaiwan ako."** Kit said and they all look at him. **"...sa tingin ko meron kaming dapat pag-usapan ni Keifer."**

**"Papaiwan—."** It was Mayo but immediately cut by Eren.

**"Sasama ka samin. Hayaan muna natin sila makapag-usap."** He said and I saw Mayo clenched his fist.

*What for?*

Nagsimula nang lumabas yung iba. Sinigurado muna ni Yuri na hindi ako tatakas bago lumabas. Sumunod narin yung iba at tanging kaming tatlo nalang nila Edrix at Kit ang natira.

**"Kayayanin kaya nila?"** Edrix ask while looking at the close door.

**"Parang wala kang tiwala sa kanila."** Kit said and he immediately shook his head.

**"Hindi sa ganun. Mas agresibo ang mga Gang ngayon dahil wala na si Ram. Naghahanap sila ng bagong pinuno at yung mga sarili nila ang**

**kandidato."** Edrix explain.

Tama naman sya. Pipilitin nilang maging mas mataas. Ako sa tingin nila ang hadlang para magawa yon kaya si Jay-jay ang target nila para hindi ako makalaban.

**"Tama ka pero wag mong kalimutan... Sabi nga ni Jay-jay, Ulupong tayo."** Kit said that makes us smile.

**"Hindi ko kita connection pero totoo, Ulupong tayo."** Edrix answer and shook his head.

Both of them look at me. I smirk while I'm shaking my head.

*Yeah I know. You're all an Ulupong and I'm the King.*

I lay back at my bed to rest. Kumikirot ang sugat ko dahil sa pagpupumilit kong tumayo kanina. Siguro nga naging malalim ang sugat ko. I should have never allow that Z to make a move.

Hindi ko nga alam kung nakaligtas sya sa ginawa ng kaibigan nya sa kanya. Mas maganda siguro kung hindi na.

Balak ko sanang ipikit ang mata ko para matulog. Kampante naman kasi ako na magagawa ng mga kaibigan namin ang sinabi nila. Kayalang hindi ako dinadalaw ng antok.

Narinig ko ang pagpapa-alam ni Edrix kay Kit. I look at them before Edrix walk out of the door. Kit face me and force a smile.

**"Bibili lang daw sya ng pagkain."** He said and I nodded.

Naupo sya sa sofa sa tapat lang ng hinihigaan ko. He obviously look uncomfortable and it makes me pissed.

**"Do you want to say something?"** I said in serious tone.

He flinch. **"A-ano... Kasi. About dun sa nalaman mong—*yung samin ni Jay-jay*—kahit wala naman... Ano... H-hindi kami nag—."**

**"Kit."** I cut him. **"I'm having trouble understanding you."**

Napakamot sya ng batok. Napangiwi din sya at halatang hirap na hirap sa sasabihin. Huminga pa sya ng malalim.

**"A-about dun sa nalaman mo. Yung narinig mong pinag-aawayan namin ni Mayo."**

I frown but try my best to remain calm. Kapag naalala ko yon, mabilis na kumukulo ang dugo ko.

**"Yung hinalikan mo si Jay-jay."** I said as a statement and not as a question of confirmation.

Napayuko sya. **"Tinangka ko lang pero hindi natuloy."**

Bahagya kong pinaling ang ulo ko. Gusto kong tumayo at abutin sya ng suntok.

*He tried to kiss Jay-jay.... My Jay-jay.*

Kahit hindi natuloy yon hindi pa rin ako natutuwa. He tried to kiss my Queen. No one is allowed to kiss her. I will never allow anyone to kiss her. She's mine and what's mine will always be mine.

Huminga ako ng malalim para bawasan ang galit na nararamdaman ko.

**"You know what exactly you did, right?"** I ask sound irritated.

**"I-i..."**

**"How dare you try to touch her."** I said trying my best to remain calm. **"...You try to claim what is mine. Pangarap mo bang mamatay sa mga kamay ko?"**

Kita ko ang paglunok nya. Napatingin ako sa mga kamay ko. I realize that my fist are clenching.

**"A-alam ko... Kapag binakuran mo, wala ng pwedeng ibang lumapit."** He said. **"...pero hindi ko ginawa yon para agawin sya sayo."**

I look at him like I'm about to kill him. For the first time, he look at me straight in the eye. Para bang pinapantayan nya ko sa pagtingin pa lang.

Para syang naghahamon—*hindi*! Para syang merong pinaglalaban.

**"Explain."** I said.

**"Wala ako sa sarili ko nung time na yon. Si Jay-jay lang ang nasa harap ko at handang makinig sakin—sa problema ko."** He explained. **"...Nang-hingi ako ng tulong sa kanya."** Bahagya syang ngumiti. **"Kaso sinapak nya ko. Pareho kaming nagulat pero naging daan yon para magising ako."**

**"I don't see the connection of your explanation from trying to kiss her."**

He nodded shortly. **"Nang-hingi ako tulong sa kanya Keifer. Nang-hingi ako ng tulong na gawin nya kong..."** I saw regret in his eyes but immediately shrugged it away. **"...gawin nya kong..."** He breath heavily. **"...tunay na lalaki."**

My forehead crease. **"W-what?"**

**"I'm gay Keifer."**

I lost my words. I don't know what to say. Did he just say the word '*gay*'?

He's Kit, one of my friend. Isa sa mga taong lagi kong inaasahan. Hindi umuurong sa labanan. May pagka-maluko at laging pinagkakaguluhan ng babae sunod kay Eren.

*He is Kit and...He's gay?*

**"W-wait...what?"** Is the only thing that comes out from my mouth.

He scratch his cheeks as a sign of irritation.

**"Kailangan ko pa bang ulit-ulitin?"**

I shook my head. **"No. It's just that—*how*?"**

**"I don't know how. All I know is I no longer feel attractions to woman."** He said.

I stared at him for a while. I'm putting everything in my mind and trying my best to understand it.

**"So... Y-you're gay."** I said still lost in words. **"...You romantically like man and not woman."** He nodded slowly. **"You don't really like or feel attractions to Jay-jay."** He slowly shook his head.

My lips slowly form a smile. I can't believe this. Hanggang sa hindi ko na napigilan at napatawa na ko ng malakas.

*Shiiit!*

All this time I thought that he also like Jay-jay. I thought he also have special feelings for her. Akala ko may panibago na naman akong babantayan.

**"K-keifer... Ayos ka lang?"** Kit ask.

Hindi pa rin kasi ako tapos tumawa. Hinawakan ko na rin ang sugat ko dahil sa pagkirot non pero patuloy pa rin ako.

**"You're gay and you don't really like Jay-jay."** I said still laughing.

**"Not that I don't like. I mean, I like her as an individual."**

Nakaramdam na ko ng pagod sa pagtawa kaya tumigil na ko. Umayos na din ako ng higa.

**"Buong akala ko kakailanganin na din kitang pabantayan. I feel relief."** I said to him.

He look at me confuse. **"So, it doesn't bother you if I'm gay?"**

I shook my head. **"Pinagnanasaan mo ba ko?"**

**"Hindi."**

**"Then I have no reason to feel bothered. You're the same Kit that I know. Still my friend and still my classmates. Nothing changes unless you wish to change your sex to female."**

He immediately shook his head. **"No. I'm not changing it."**

**"Then I have no reason to feel bothered."** I said and he smile. **"... at least I'm comfortable to ask you to take care Jay-jay."**

He look confuse. **"Why would you ask that?"**

I cleared my throat. **"I have to go back to London before my birthday. Sa dami ng gagawin ko, I have to be there a month before."**

**"P-pano si Jay-jay? Yun nalang ba yon? Iiwan mo sya o kami na walang clue sa tunay na nangyayari?"**

**"Trust me. It's better to be this way. The less you know the safer it will be for Jay-jay."** I said.

He's about to say something when the door open. It was Edrix holding too many foods in his arms.

**"Kit! Patulong!"** Edrix shouts.

Tinignan muna ako ni Kit bago tumakbo palapit sa kanya. Ang dami nyang dala na karamihan ay malalaking junk foods.

Binaba nila yon sa coffee table sa gilid ng sofa.

**"Ayos... Chibog muna."** Sabi ni Edrix habang pinagki-kiskis ang mga palad.

Balak na sana nyang buksan ang isa ng mapansin nyang nakatingin kami sa kanya at hindi gumagalaw.

**"Bakit?"** He ask.

**"You're doing this in purpose. Alam mong hindi pa ko pwedeng kumain."** I said sounds irritated.

**"Tinignan mo na ba phone mo? Baka nag-message na sila sayo."** Kit said.

**"Ang lupet nyo sakin."** He said before taking his phone out his pocket. **"...oh yan na! Kakadating lang ng message."**

Kinuha nya ang laptop at nagtype don. Halatang excited sya.

**"Type my message down."** I command and he gave me the go signal. **"...this is the first warning. Cross my path and I'll break some bones. Touch my girl and I will open the gates of hell. Don't test my patience, I can be a living beast."**

I'm a Watson, I am cursed and I am turning into a beast.

*Because I am in love.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 273

**A/N:** sa nagtatanong. Eto yung time na pumasok na si Jay-jay sa school.

Sorry sa wrong grammar!

**Smoke**

***Keifer's POV***

**"...Sigurado ka ba dito?"** Yuri ask me.

I look at him while dressing up my school uniform. Balak ko ng bumalik sa school. Pakiramdam ko lalo akong magkakasakit kapag nagtagal pa ko dito sa Hospital.

**"Yeah. I'm feeling well now."** I answered.

**"1 week ang sabi ng Doctor. Wala pang isang linggo."**

**"Ang trabaho lang ng Doctor gamutin ako samantalang trabaho ng katawan ko ang pagalingin ang sarili ko."**

He throws his hands in the air. He's surrendering. Hindi talaga nya kaya ang katigasan ng ulo ko

Tapos na kong magpalit ng damit. Kinuha ko ang mga gamit ko na pinadala ko mula kay Keigan. Ayaw pa din sana nya kong payagan pero wala din syang nagawa.

**"Bakit hindi mo pinadala kay Keigan ang kotse mo?"** Yuri ask again.

**"I'm not sure if I can drive already**. **Sumasakit pa rin kasi ang sugat ko kapag tinataas ko ang braso ko."**

He raised a brow. **"Kanino mo balak magpahatid sa school?"**

I look at him and smile. **"Sayo. Lalayo pa ba ko? Andito ka na."**

He smirks while shaking his head. **"Tss... What are friends are for."**

Tinulungan nya kong dalhin ang gamit ko. Lumabas kami ng kwarto at dumiretso sa station kung saan naghihintay sakin ang Doctor.

**"Mr. Watson, alam mo naman siguro na pwedeng lumala ang kalagayan mo?"** Doctor said.

**"Thank you Dr. Peralta, but it's my body I know what it's capabilities."** I said and smile.

He handed me a pen and the waiver to sign. Eto lang kasi ang paraan para payagan nila kong lumabas kahit wala pang Go signal ng doctor.

**"Pasensya na po kayo. Matigas po talaga ang ulo ng isang to. Ibabalik ko nalang sya dito kapag malala na."** Yuri said while bowing his head.

Suddenly, I remember a chicken because of what his doing. Sakto pa namang pula ang buhok nya at panay pa ang yuko nya. Para syang manok na tuka ng tuka.

I hold my laughter. He'll definitely get mad at me if he finds out what I'm thinking.

I put my concentration to the waiver and return it after signing. Binigyan din nila ko ng mga gamot na makakatulong sakin.

Matapos akong bilinan ng Tatay ni Ci-N umalis na kami agad. Kailangan pa kasing umuwi ni Yuri para maligo at mag-ayos. Maaga pa naman kaya marami pa syang oras.

**"Ci-N's Dad is a great Doctor."** Yuri commented when we got inside his car.

**"Yeah. Lahat naman yata ng mga Peralta."** I answered boredly.

We continue talking while he's driving. Madilim pa ang langit at kakaunti pa lang ang mga sasakyan sa daan.

**"You think Ci-N will become a Doctor like them?"** He ask.

I look at him and turn back my gaze to the road. **"If he will not show his rebel side, he'll definitely become one. Baka nga malagpasan nya pa ang mga kapatid nya."**

He chuckled. **"Maybe."**

We continue our little conversation until we reach their building. Nag-park sya at lumabas ng kotse. Pinili kong magpa-iwan para makatulog pa kahit sandali.

I slept for almost 1 hour until he wakes me up by knocking at the car window. May kakaiba sa itsura nya na. Para syang hindi mapakali.

**"O-okay lang ba kung meron tayong ibang isasabay?"** He ask nervously.

**"It's your car. Why are you asking me?"**

Napakamot sya sa batok. Hindi na sya nagsalita pa at pinili nalang paandarin ang kotse. Tahimik pa rin sya kahit nakalayo na kami sa building nila at sa business district.

Komportable akong nakasandal ng meron akong mapansin sa daan. I know this route.

**"Y-yuri... Saan tayo papunta?"** I ask in horror.

Kita ko ang pagkagat nya sa ibabang labi at ang takot sa muka nya.

**"Yuri."** I called him with authority.

**"Look! This is not my intention! Kailangan ko lang talaga syang sunduin dahil sa paki-usap ni Angelo."** Paliwanag nya at huminto kami sa tapat ng bahay nila Jay-jay.

Knowing that I'm just a meter away from her makes me so damn nervous. It's true that I badly want to see her but I need to set boundaries.

*Kahit hindi ko alam kung anong boundary yon!*

**"Wala naman sigurong problema kung isabay natin sya."** He ask with a weird smile.

I look at him like I'm about to kill him. **"You're doing this in purpose."**

**"H-hindi talaga... Nagkataon lang."**

**"Puntahan mo na. Para matapos na to."**

Bumaba sya ng kotse at tuloy-tuloy na pumasok sa gate ng bahay. Pakiramdam ko pinagpapawisan ako ng malagkit kahit malamig naman ang aircon.

Nakatingin lang ako sa gate ng bahay nila. Para akong nag-aabang ng kaaway sa paraan ng pagtingin ko. I can't help it. It's makes me crazy knowing that I will see her.

Gaano na ba katagal nung huling pagkikita namin? Days lang naman ang pagitan pero pakiramdam taon na ang nagdaan.

*At tumigil ang mundo ko...*

He's walking with a grumpy face. I can't hold my lips to form a smile while she walks closer to me. Pero mabilis ding napawi yon ng makita ko ang pulang buhok ni Yuri.

*He ruined it.*

Padabog kong binagsak ang katawan ko sa sandalan. Nakaramdam ako ng kirot sa sugat ko but I choose to ignore it.

Bumukas ang pinto ng back seats at ramdam ko na parang ayaw nyang pumasok. But she have no choice.

Yuri look at me when he sat beside me. I simply glared at him.

**"Jay..."** Yuri said while looking at Jay-jay through the rare view mirror. **"...Sorry. Hindi ko nasabi na kasabay natin si Kei— ."**

She immediately cut his sentence. **"Yuri."** She said with no emotion. **"Please lang."** It doesn't sound anything. **"UTANG NA LOOB!"** Definitely pissed. **"Mag-drive ka na."**

I saw pain in Yuri's expression before starting the car. While me on the other half are still feeling tenses. Pinagpapawisan ang palad ko na panay ang punas ko. Pinili kong tumingin sa daan but there's no point.

Alam nang buong katawan ko na malapit lang sya sakin. Parang gusto nitong tumalon sa pwesto nya at yakapin sya ng mahigpit. It makes me feel irritated.

Alam kong hindi to sinasadya ni Yuri pero sana sinadya nalang nya para pwede ko syang sapakin. Kanina pa ko hindi mapakali sa kina-uupuan ko.

*I need some distraction.*

Binuksan ko ang glove compartment ng hindi nagpapa-alam sa may-ari. Ganun nalang ang gulat ko ng makita ko ang laman non.

I look at Yuri while he do the same to me. Pasimple kong nilingon si Jay-jay. Buti nalang at sa daan sya naka-concentrate.

Why the fvck he keeps a gun in here? Pinili kong wag pansinin yon at hanapin ang pakay ko.

*Cigarette.*

Alam kong ayaw ni Jay-jay nito but I need this. I fvcking need to calm. Baka hindi ko mapigilan ang sarili ko at basta nalang sunggaban ng yakap si Jay-jay.

Pagkasara ng compartment, mabilis akong kumuha ng stick at sinindihan yon. Nawala sa isip ko na buksan ang bintana sa kakamadali. Mabilis na humalo ang usok sa aircon.

Yuri doesn't look bothered but Jay-jay is different. Malakas ang naging pag-ubo nya dahil sa usok.

**"Ano ba yan?! Sa loob pa ng kotse nanigarilyo!"** She said sounds annoyed.

Pasimple kong sinampal ang sarili ko bago bahagyang buksan ang bintana. I saw Yuri frowning at me. I point out the road and signal him to concentrate on driving.

Natataranta ako kaya hindi ko na naisip yung mga ginagawa ko.

*Stupid Keifer!*

Pagdating sa school, bumaba na si Jay-jay kahit hindi pa nakakapag-park si Yuri ng kotse.

**"That's dangerous."** Yuri said after parking his car.

I'm about to get out when he child lock the door.

I frown at him. **"Seriously Yuri?"** While pointing at the car door.

**"Do want Jay-jay to die with lung cancer?"** I can sense irritation from his tone.

Hinablot nya yung natitirang sigarilyo sa kamay ko bago ibato yon sa bukas na bintana sa tabi nya.

**"I'm fvcking tensed! Okay?!"** I said defensively. **"...you know me when I feel tense!"**

**"Yeah, right."** He sarcastically said. **"...samantalang abot kamay mo lang ang bintana."**

**"Don't you dare accused me."** I glared at him. **"Kamusta naman ang baril sa compartment mo?"**

I open his glove compartment to grab the gun but he immediately stop me. He even slap my hands.

**"For protection!"**

**"Protection my ass! Wag mong sabihin na may nagtatangka na rin sa buhay mo."**

His forehead crease while pointing at himself. **"Do I have to wait for death threats? The heirs of Hanamitchi clan."**

**"Tss..."**

He unlock the door and we both get out of the car. Balak pa nya kong akayin sa paglalakad pero mabilis ko syang tinulak.

He just laugh while shaking his head.

**"Bahala ka dyan."** He said while smiling like a lunatic.

Alam naman nyang makakalakad ako ng maayos but thanks to my wound whose giving me pain from time to time, I have to slow down.

Nakarating ako sa room nang hindi hinihintay ng pulang buhok na yon. Naiimagine ko syang tinatawanan ako habang naglalakad.

I saw Jay-jay placing herself at the first table beside the door. Katabi nya si Ci-N na pilit kinukuha ang atensyon nya.

I continue walking until I reach my table.

**"Akala ko hindi ka pa pwedeng lumabas."** Edrix ask while observing me.

**"Ano ka ba? Keifer yan. Marunong pa sa Doctor."** Rory said and chuckled.

The whole class is no longer the same. It's not exactly what imagine but It's almost the same. Jay-jay trying her best to ingore Ci-N and the whole class.

After morning class, Eman prepared a very  especially meal for Jay-jay. Umaga pa lang inaasikaso na nya yun. Pinag-isipan at hinanda nyang mabuti yon. He even bought expensive ingredients according to Denzel who helps him.

But Jay-jay choose to eat outside. I saw how painful it is for Eman. Sya pa naman yung tipo ng tao na ayaw nang nasasayang ang effort nya.

**"Okay lang yan! Kakain din sya kasabay natin! Kaunting tyaga lang!"** Ci-N said trying to cheer up everyone.

**"Tama si Ci! Next time yung favorite naman nya yung hindi nya matatanggihan!"** Eren added.

Eman just force a smile. Isa sya sa mga taong napalapit na din kay Jay-jay. Alam kong mahirap sa kanya ang sitwasyon ngayon.

Habang kumakain ang iba, naupo si Eman malapit sa pwesto ko. I heard him saying something.

**"Maybe this is my Karma for joining the bet."** He said and I look at him.

I choose not to say a thing. Ayokong magkamali ng kilos at mahalata nila ang problema ko at ang tunay na dahilan ng mga ginawa ko.

Sa ngayon ang alam lang nila ang plano naming protektahan si Jay-jay. Aside from that, nothing else. Mas mabuti na yon.

**"Oi! Oi! Mga Gago!"** Drew shouts while running toward us. **"...si Jay-jay tsaka Yuri nag-aaway sa taas."**

Lahat sila nagtakbuhan sa labas maliban sakin. Tatanongin ko nalang siguro si Yuri pagbalik nya. May ilang minuto din siguro silang nasa labas.

I almost close my eyes to sleep when I heard a foot step. Tinignan ko yon at nagsalubong ang mga mata namin.

*Jay-jay...*

Her coldness are giving me shivers through my spine. Kasalanan ko naman kung bakit sya nagkakaganyan. I deserve it. I deserve her cold treatment.

Agad syang naupo sa pwesto nya matapos akong talikuran. Not that long when few of our classmates came in. Walang nagsasalita sa kanila. Kahit si Rory at Edrix pinili munang tumahimik.

Sunod-sunod na pumasok yung iba. Hanggang bulungan lang ang naging usap nila para hindi makagawa ng sobrang ingay. Isa si Yuri sa mga huling pumasok. Pag-upo nya, tinignan ko sya.

He took his book out of his bag and read it. Mukang wala din syang balak magsalita. Pinili kong wag nalang magtanong.

I look at Jay and Ci-N still try to get her attention. I breathe heavily while holding the bridge of my nose.

This is not going to be easy for everyone.

Natapos ang afternoon class namin na halos hindi ko napapansin. Nakatulala lang kasi ako habang iniisip si Jay-jay.

And speaking of Jay-jay, naring ko ang pag-aaya ni Ci sa kanya pero naging matigas sya at pilit tumanggi bago umalis.

**"Okay lang yan Ci-N! Basta dapat hindi tayo susuko!"** Eren said trying to cheer him up.

Ngumiti lang naman si Ci-N at nag-nod.

Napatingin ako kay Yuri ng mapansin ko ang pagmamadali nya.

**"Ihahatid ko lang muna si Jay-jay tapos babalik ako."** He said and walk out of our room.

Napabuntong hininga ako. **"Felix!"**

**"Yes?"** He answered all smile. **"May kailangan?"**

**"Wag muna kayo umalis, meeting tayo."** I said in authority.

Lahat naman sila natitira ay bumalik sa mga pwesto. Tinext din nila yung mga kasama naming lumabas na.

Si Yuri nalang ang hihintayin namin na bumalik—*okay, he just came back.*

**"Akala ko hahatid mo si Jay-jay?"** I ask and he shook his head.

**"Kasama na nya si Percy. Mukang sya na ang gagawa ng trabaho ko."** He said in low voice.

I just nod while forcing myself to stand up. Naupo ako sa mismong table ko at tinignan silang lahat.

**"So, how was it?"** I ask and they gave a confuse look. **"...I'm talking about Jay-jay."**

Kanya-kanya sila ng reklamo dahilan para maging maingay sa room.

**"And cold na nya samin! Hindi ko alam na kaya nyang maging ganon!"** Blaster said.

**"Totoo! Panay din ang irap nya tuwing magkakasalubong kami ng tingin!"** Reklamo ni Calix.

**"Nakakatakot talaga magalit ang mga babae!"** Rory added.

They all agreed in unison.

**"Basta dapat hindi natin sukuan si Jay-jay!"** Ci-N said like he's campaigning.

**"Nasaktan sya kaya dapat intindihin natin sya!"** Eren added.

**"Ligawan natin! Kanya-kanya ng paraan!"** Felix said and they all agreed.

**"Bigyan natin bulaklak!"** Edrix suggested but I immediately stop him.

**"Pano kung ihampas nya sayo yung bulaklak?"**

They all stop and look at me.

**"Panira ka!"** Yuri said. **"Kanya-kanya nga ng paraan di ba?"**

**"I'm stating the possibilities."** Binalik ko ang tingin kay Edrix. **"Pano nga kung ihampas nya sayo yon?"**

**"Eerr... Hindi ko alam."** Sagot nya habang napapakamot ng batok.

**"How about giving her clothes? Yung mga uso ngayon na kinababaliwan ng mga babae."** Drew suggested.

**"Pano kung gawin nyang basahan sa harap mo?"** I ask again.

**"Sapatos ba? Yung may takong."** Mayo also suggested.

**"Pano kung ipang-sipa nya sa muka mo?"**

Halos lahat sila napapayuko kasabay ng paghimas ng batok. Para silang nawawalan ng pagpipiliin.

**"Pagkain kaya..."** Ci-N said and everybody chuckled. **"Malay natin di ba?"**

May punto naman sya sa bagay na yon. She's a food lover. Malabong tanggihan nya ang pagkain.

After talking about their plans on courting Jay-jay—that I badly want to disagree but I can't. We talk to our main topic and the real reason why I ask for a meeting.

**"Anong sagot ng mga Gang?"** I ask them.

**"Lalo silang tumapang. Yung iba nanghihingi na ng date ng laban."** Denzel answered.

**"May dalawang grupo na kong naka-usap na willing namang makipag-ayos sayo."** David said.

Mukang natakot ang mga yon sa bantang ginawa ko.

**"Hindi nga lang naglalabas ng sagot yung iba. Yun ang delikado."** Rory said in worries.

**"Sa ngayon, kaya lang naming pigilang lumapit kay Jay-jay yung iba. Pero hindi lahat."** Kit said.

Ito talaga ang gusto ng mga Gagong yon. They want me to start a war para pagtulungan ako o kami. They leave me no choice.

**"Edrix send them my answer..."** I command and he took his laptop. **"...My first warning is just a warm up. Are you ready to see the second one?"**

Hinayaan ko na sya na nagdagdagan ang mga nakalagay.

**"Rory! Find a group na pwede nating gamiting second warning."**

**"Ako na bahala! Salamat!"**

If they don't how to stop, I'll show them how.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 274

**A/N:** Pwede po mag-request? Pwede po bawas-bawasan po natin ang pagbabanggit ng ibang story or the name of the characters galing sa ibang story? Unrespectful na po kasi. Hinahayaan ko lang nung una baka kasi nae-excite kayo pero pagtagal hindi na din nakakatuwa.

Okay lang sakin kung pa-isa-isa or pa-unti-unti pero yung sunod-sunod. Hinay hinay naman po. Salamat!

Pabati mula sa Tropa ni eatmore2behappy.
**HAPPY 19th THOUSANDS members!**

**Happy Birthday!!**
Yuri Hanamitchi
Shey Bartolome
Kyla Kiere Rabaca
Abigail Flotildes
DeneilleJimin
**Shoutout!**
EllaPalomo6
ElyzaNicoleVillalon
Aliyah
Nathaliekencalles

I'm sorry sa grammar and misspelled words.

**Broke**
***Keifer's POV***

I think something is wrong. As far as I remember I'm the oldest among the three of us. Pero bakit parang si Keigan ang lumalabas na mas matanda samin ngayon.

**"Bakit ba marunong ka pa sa Doctor?"** He ask while glaring at me.

Hindi ko magawang lunukin ang pagkain ko dahil sa ginagawa nya. Maging mga butler at maid nagtataka din sa inaasta nya.

Umagang-umaga pero sinesermunan na kagad nya ko. Nagagalit sya dahil sa ginawa kong paglabas ng Hospital kahit hindi pa talaga pwede.

We supposed to have a normal breakfast but my brother choose to scold me while eating.

**"Babylyn!"** He called one of the maid and we all flinch because of his voice. **"...Paki-sunod ang diet na ibinigay ng Doctor para kay Kuya."**

**"Yes, Sir—."**

I cut them. **"You don't have to."**

**"No! You have to."** Pagpipilit ni Keigan.

Nagsisimula na kong mainis sa inaasta nya. Marunong pa sya sakin at parang sya pa ngayon ang Boss dito sa bahay.

I drink water vigorously and look at him straight in the eye.

**"I said, you don't have to."** My tone is calm but can still sense authority. **"...pati ba naman pagkain ko pakiki-alaman mo pa?"**

**"Bilin yon ng Doctor para mabilis gumaling ang sugat mo."**

**"Para namang bago ng bago sayo ang nangyayari sakin. Ilang beses na kong nasaksak at nabalian ng buto pero ni minsan hindi ko sinunod yang diet plan na yan. Kahit pag-inom ng gamot hindi ko ginagawa.**"

He wipe his lips using the table napkin after putting down his spoon and fork. He look at me seriously not showing any sign of giving up the conversation.

**"Iba na ngayon. Hindi ka na pwedeng makitaan ng kahinaan. We already talk about this before."**

**"I have no weakness—."**

He chuckled bitterly. **"Talaga ba? Anong tawag mo sa sugat mo na yan? Bakit ka nga ba nasaksak?"**

I look away. Hindi nga pala nya alam na niligtas ko si Jay-jay. Ang alam nya simpleng away lang ang nakasangkutan ko. Binalikan ako ng mga naka-away namin at napagtulungan habang nag-iisa.

**"I was occupied. I didn't notice the knife."** I simply explain.

I saw him mouthed *'bullsh*t'*. Hindi ko gusto na nagsasalita sya ng ganun sa harapan ko. I cross my arm and my forehead crease.

**"Yes, it is really bullshit. Especially that you're not there and didn't see what exactly happened!"** I'm starting to raise my voice.

He looks guilty before avoiding my eyes. I look at my wrist watch and release a heavy sigh.

**"Get ready, mala-late na kayo sa school.** I said before looking at Keiren.

He look so uncomfortable. Maybe because of our conversation. Halos mag-away na kami ni Keigan sa harap nya.

**"I-i'm done."** He said almost whispering.

I force a smile. **"Your personal butler will drive you to school."**

**"Why not you?"**

Tinuro ko ang parte kung saan ako nasaksak. Bahagya nyang hinilig ang ulo para tignan yon.

**"Still giving me trouble to drive."** I explained and he nodded.

Sinenyasan ko ang butler nya na lapitan si Keiren. Tinulungan naman siya nitong kuhanin ang bag nya pero matigas ang ulo ng bunso kong kapatid. Ipinilit nyang sya na ang gagawa.

Keigan followed them after.

**"Make sure you won't do something crazy again."** He said before leaving the Dining room.

Sinenyasan ko ang mga maid na umalis muna. Gusto kong mapag-isa.

Nahilamos ko ang muka ko gamit ang dalawang kamay ko. Binigay ko kay Keigan ang buo kong tiwala para sa mga plano na balak namin pero bakit pakiramdam ko sinasamantala nya ang nangyayari para pasunurin ako sa gusto nya.

Gulong-gulo ako sa inaasta nya. Mas pinili ko nalang na intindihin muna ang mas malaking problema namin.

*For now I have to go to school.*

I took my phone and dialled Yuri's number. It took just a few seconds before he answer.

**["*Keifer...*"]**

**"Papasok ka na ba? Sasabay ulit ako."**

I heard him sighs. **["*Alam mo namang susunduin ko si Jay-jay di ba?*"]**

I smiled mischievously **"I know. That's give me more reason to ride along."**

**["*Fine. I'm on my way.*"]** He said and I end the call.

Tumayo na ko at dinampot ang bag ko na may iisang piraso ng notebook sa loob. Naglakad na ko palabas ng bahay ng mapansin ko ang ilang bodyguard sa garahe. Mabilis akong lumapit sa kanila.

**"I told you not to show up here. What are you doing?"** I ask them sounds irritated.

**"Sir... Reporting lang. Nakita namin ang ilan sa tauhan ng Dad nyo. Umaaligid sila dito sa bahay."**

**"Any casualties?"** This time I sound formal.

**"None Sir. But we suggest bodyguards for your protection."**

I shook my head. **"No. I don't want bodyguards."**

**"But Sir—."**

**"I said no!"**

Sabay-sabay silang napayuko. Napabuntong hininga ako kasunod ng paghawak sa sintido ko.

**"Pinuntahan nyo ba si Jay-jay?"**

**"Sir, hinarang kami ni Kiegan."**

*Damn it!*

Sabi na nga ba at makiki-alam sya. Iniisip nyang mahahalata nila Clyde kapag nakitang may connection pa ko kay Jay-jay.

Ang mga kaibigan lang talaga namin ang pag-asa ko.

Nakakainis ang ganito. Pakiramdam ko nasa isla kami sa gitna ng malaking dagat. Kakaunti ang resources at ang tangging paraan lang para mailigtas si Jay-jay ay isakay sya sa bangka paalis ng isla.

*What should I do now?*

Nakita ko ang kotse ni Yuri sa gate ng bahay. Sinenyasan ko lang ang mga bodyguard na bumalik sa trabaho bago tuluyang lumapit sa sasakyang naghihintay sakin.

I knock on his car window. Narinig ko ng pag-unlock ng pinto kaya binuksan ko yon at sumakay agad.

**"Okay ka na di ba?"** He ask.

I nodded shortly as an answer for him.

**"Huling pagsabay mo na sakin ah?"**

**"And why?"**

His forehead crease. **"Istorbo ka samin ni Jay-jay."**

**"Wow... Kahiya."** I sarcastically said.

He drive his car while still talking. **"How will I make her mine when you're always around? Mix emotions pa sya ngayon kaya hindi maganda na nakikita ka nya."**

**"Around her or not if she'll be yours—she will be. Kaso hindi kasi loser ka."**

**"Tss..."** He sounds pissed.

Hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. Siguro may balak sya ngayong araw para kay Jay-jay. But he obviously have to postpone it because of me.

Not that long when we arrive at our destination. Binuksan nya ang pinto ng kotse at bumaba.

**"Behave!"** He said with a warning shot in his eyes before slamming the car door.

Minsan talaga masarap mang-inis ng kaibigan. Hindi ko mapigilan na mag-isip ng panibagong kalokohan.

My phone suddenly ring. Kinuha ko yon at lumabas ng kotse bago sagutin.

**"What?"**

**["*Sungit... Asan ka?*"]** It was Honey.

**"Malamang papasok na ng school."**

**["*Whatever. Uncle said we should set another meeting. Malapit na daw kasi tayong umalis.*"]**

*Malapit ng umalis? How? Why?*

**"Wait! Anong malapit na?"**

**["*Hhmm... Well. Hindi ka kasi nakikipag-usap sakin kaya hindi mo alam.*"]**

Nahilamos ko ang muka ko gamit ang isang kamay ko. Mukang merong pagbabago sa plano.

**"What is it?"**

**["*We have to leave earlier than the original plan.*"]**

No! No! Hindi pa pwede. Hindi pa ko pwedeng umalis. Hindi ko pa pwedeng iwan si Jay-jay. Hindi ko pa nakaka-usap ng maayos ang mga kaibigan namin. Hindi ko pa napapasuko ang mga taong gustong manakit sa kanya. Hindi pa buo ang plano ko para sa kanya.

Napatingin ako sa bahay nila at napatayo ng diretso ng makita ko syang naglalakad palapit sa kotse.

*Hindi pa pwede.*

**"I'll talk to you later."** I end the call without waiting for her answer.

Nakita ko ang pagyuko ni Jay-jay habang palapit sa kotse ni Yuri. Kulang nalang gumapang sya. Dahan-dahan akong naglakad palapit sa kanya. I stop just a meter away from her.

Mula sa likod ng kotse tumayo sya at pilit sinilip ang loob. Maybe spying to check something inside. Mukang inaalam nya kung andon ba ko sa loob.

**"What are you doing?"**

Natigilan sya ng marinig akong magsalita. Halatang hindi nya inaasahan to.

**"Again... What are you doing?"** I ask again.

She slowly turn around to face me but her head are slightly looking down. Gusto ko syang humarap sakin. Gusto kong makita ang mga mata nya. Gusto kong makita ang kabuuan nya kahit alam kong galit lang ang makikita kong reaksyon mula sa kanya.

*I miss staring at her.*

**"None of your business."** She answered.

She's about to walk away but I stop her by blocking her way using my arm. Sa kabila naman nya balak dumaan pero ganun din ang ginawa ko. Parehong nakaharang ang mga braso sa magkabila nya. Nakakulong nya at kaunting lapit nalang ng katawan ko, maaangkin ko na ang labi nya.

Pero hindi ko itatanggi. Kumikirot ang sugat ko dahil sa pagkakataas ng braso ko. Tinago ko ang sakit na nararamdaman ko. Hindi nya pwedeng malaman.

**"A-anu ba?!"** She ask sounds irritated while avoiding my eyes.

Ayokong iwasan nya ko. I badly want to see her eyes. I know there's an emotion inside her and I want to see it. Oo, galit sya sakin pero gusto ko ring makita yon.

*I'm really getting weirder.*

Hindi ko din maintindihan kung bakit gustong-gusto kong makita ang emosyon nya. Maybe I'm waiting to see something.

**"Look at me."** I command but she didn't move a muscle. I release a heavy sighs. **"Look.At.Me."**

She still didn't do anything. Bahagya akong napangiti. Matigas pa rin ang ulo nya. Sya talaga yung tipong—*kung ayaw, ayaw.* I have to be persistent.

**"Look..."** I hold her chin and force her to face me. **"...At..."** I look at her straight in the eye. **"...Me."**

*There it is.*

I saw it immediately. I saw different emotions and feelings. Halo-halong emosyon. Galit, sakit at ang hinahanap ko—pangungulila. How I wish that was for me.

Yun lang ang gusto kong malaman para masiguro ko na akin pa rin sya. Pero sadyang mapang-asar ang babaeng to. Talagang kakaiba ang trip nya at mga bagay na ginagawa nya.

She played with her own eyes. Nagduling-dulingan sya. I don't know why she have to do such thing.

My forehead slightly crease. **"What the hell."**

Hindi rin naman nagtagal yon. Mukang nasaktan sya sa sarili nyang kalokohan. Napapikit nalang sya kasunod ng paghawak don gamit ang mga kamay.

**"Napapala mo."** I said.

She open her eyes after few seconds. Tinignan nya ko ng masama at mukang ready nang makipag-matigasan sakin.

**"Alis na!"** She shouts but I didn't listen. **"Tang'na! Umalis ka sabi!"**

*Profanity.*

My lips automatically form a smile. Pakiramdam ko minsan sinasadya nya talaga na magmura para mahalikan ko sya. But I know, right now that she's not doing it in purpose.

**"Keifer."**

I almost roll my eyes. But this Yuri is other way round. He really disturb us.

**"...Tara na."** He said

I didn't move a muscle. My eyes still looking at Jay-jay. I'm still smiling like a lunatic. I really miss being so close to her like this.

Kung sana pwede ko lang laging gawin to. Kung sana ganito nalang ako kalapit sa kanya palagi. I don't want to let go. I can't let her go.

**"Alis na!"** She shouts again.

I slowly move closer to her. Kita ko ang paglayo nya at pagtangkang pag-iwas sakin pero naging dahilan lang yon para mapalapit ako sa tenga nya.

**"Profanity."** I whispered and kiss her neck.

Balak ko sana syang halikan sa labi pero imposible yon. Agad akong umalis sa harap nya at sumakay sa kotse ni Yuri. Napasandal ako at napahawak sa sugat ko.

Matagal bago nawala ang kirot na nararamdaman ko. Madalas hindi ko pinapansin ang ganitong sakit pero nagtagal kasi ang isang to. Dapat yata maging maingat ako at baka maging dahilan pa to ng pagkatalo ko.

Sumakay na din si Yuri at Jay sa kotse. Naging tahimik kami sa buong byahe. Pagdating sa school, hindi pa nakaka-park ang kotse lumabas na kagad si Jay-jay.

Napabuntong hininga nalang ang katabi ko.

**"Anong plano mo Keifer?"** Walang buhay na tanong ni Yuri.

**"Huh?!"**

**"You pushed her away and now you kissed her."**

*Shit!*

Dapat talaga iniisip ko muna ang mga gagawin ko. Ang laking kapabayaan nito. Malamang hindi na ko titigilan ng isang to kakatanong.

**"I'm just playing around."**

I didn't wait for any answer from him. I step out of his car and walk away. Nauna na ko pumunta sa room.

Pagdating don naabutan ko pa si Ci-N na kinukulit si Jay-jay. As expected, nagpipilitan na naman sila. I feel sorry for this kid. Mukang mahihirapan sya ng husto na suyuin si Jay-jay.

Maybe later I should talk to him. Kakailanganin ko ang tulong nya pag-alis ko—.

**"Ayoko nga! Ano bang hindi mo maintindihan sa salitang ayoko?!"** She suddenly shouts.

Lahat kami napatingin sa kanila. Ci-N looks down. I know he's about to cry but tries his best to hold it.

**"Sige itatabi ko nalang. Maya nalang natin kainin."** He said in low voice.

Napatingin samin si Jay-jay kaya mabilis na umiwas ang iba. Kanya-kanya ng balik sa ginagawa. Her eyes turn to my direction. My heart skip a bit when our gaze met.

*Fvck this heart!*

Buti nalang hindi ako nakapag-react kagad. Inirapan lang nya ko bago tuluyang maupo sa pwesto nya. Tumuloy na din ako sa pwesto ko.

Napatingin ako kay Yuri ng maupo na din sya sa pwesto nya. He gave me a weird meaningful look. Para bang sinasabi nya na malalaman din nya ang tinatago ko.

I wish he wouldn't know. Ayoko syang idamay baka tuluyan na nyang ikasira yon sa pamilya nya. Hindi na kagaya ng dati ang estado nya sa buong angkan nila. Kahit hindi nya aminin alam ko yon.

Ayoko lang syang piliting magsalita. Dahil kagaya nya, ganun din ang iniisip ko. *Damn!* Sa tinagal ng panahon, parang ngayon ako nagdalawang isip na maging kaibigan nya. Nagiging pareho na yata kami sa maraming bagay.

I release few heavy sighs until I notice Jay-jay walking toward to Edrix. Meron silang pinag-uusapan na hindi ko marinig. She even handed her phone to him but he rejected it by looking down.

Hindi ko gusto nangyayari. Parang kinukutuban ako. Did she found out the app on her phone? Edrix said it's unnoticeable because of it's icon logo. Safe with password so it's hard to uninstall.

They continue talking until Jay-jay shouts at him. She looks so pissed. Edrix on the other hand obviously don't know what to do. He even look at me as if asking for help.

**"Sagutin mo ko! Nagsisimula na kong mapikon!"** She shouts.

Nasa kanya ulit ang mata ng lahat. Halatang hindi rin nila gusto ang ginagawa ni Jay-jay. Hanggang sa nasuntok na nya ang lamesa sa harap nya.

Napatayo na ang iba dahil pagka-alarma. Kita ko ang pagtaas baba ng balikat ni Edrix bago nya tuluyang kuhanin ang cellphone ni Jay.

She look a bit shock when she notice that he can have an access on her phone without asking for her permission.

*Damn! Edrix don't have a fvcking choice.*

**"OTJ101 stands for Operation Tracking Jay-jay Version 10.1."** Edrix said and put down the phone. **"A-ako nag-program ng App na yan para malaman ang location ng phone mo. Signal ang gamit nito kaya mas madaling gamitin kumpara sa ginagamit ng mga Police at regular na tao."**

Kita ko ang bahagyang pagbuka ng bibig ni Jay-jay. Definitely shock. Ngayon alam na nya kung pano namin sya nahahanap.

**"B-bukod don..."** He continued. **"...Naka-link ang App na to sa isa pang cellphone."** He look at me reason for Jay-jay to turn and meet my gaze.

**"Lahat din ng text message mo at phone calls, pumapasok sa App na yan. Kaya yung naka-link na phone, nababasa din ang messages mo at naririnig din ang phone calls mo."**

I almost hissed. Ngayon pati yon alam na nya. I admit that I read few of her messages and conversation, lalo na yung usapan nila ni Yuri. Pero ni minsan hindi ako nakinig sa usapan or call conversation nya sa iba.

*Call logs lang ang tinitignan ko.*

Jay-jay obviously tries her best to calm down. She's really amazing. Nagagawa pa nyang magtimpi sa kabila ng nalaman nya.

**"Kaninong cellphone naka-link yan?"** She ask that almost drain my blood.

**"K-kay Keifer."** Edrix answers

*Dammit!*

Bigla nalang dinampot ni Jay-jay ang phone nya at binato papunta sakin. Alam ko na agad kung saan tatama yon kaya hinilig ko nalang ang ulo ko papunta sa ibang direksyon.

Dinig ko ang pagtama non sa kung saan at ang pagkabasag.

**"Ang tindi mo!"** She's furious. **"Talagang wala kang patawad!"**

I remain calm with no expression. Kailangan kong mag-ingat sa pagsasalita at baka maging dahilan lang yon ng panibagong gulo sa room.

**"Pursigido ka talaga sa plano mo no?! Pati mga bagay na pribado pinang-hihimasukan mo!"** She shouts. **"...Ganyan kaba talaga kalupet?!"**

For some reason, I enjoy watching her being mad at me. Kahit hindi naman dapat dahil nga galit na galit na sya, yun pa rin ang nararamdaman.

No wonder man are called asshole by woman. Because we intend to enjoy seeing them pissed.

*Now I'm a class A asshole.*

I rolled my eyes with my own thoughts. Bigla nalang lumapit sakin si Jay. With her fist clenching she's about to punch me but Yuri immediately hold her from her back.

Muntik na kong mapatayo para sana paglayuin sila pero mabilis na nilayo ni Yuri si Jay-jay. I have to control myself. Hindi sa lahat ng pagkakataon makaka-kilos ako para sa kanya.

**"Bitiwan mo ko!"** She shouts while trying to escape.

Paglabas nila ng pinto agad na tumingin ang lahat kay Edrix. He's looking down while massaging his nape.

**"Tanga mo Pre!"** Inis na sabi ni Eren.

**"Tama lang ang ginawa nya."** Eman depends him. **"...ano? Lolokohin na naman natin si Jay-jay? Eh huli na nga!"**

**"Pano na ngayon? Pano kung mapahamak na naman sya? Anong gagamitin natin para ma-track sya?"** Denzel asks.

Wala naging reaksyon si Edrix sa mga sinabi nila. Nilapitan nya ang phone ni Jay na nasa likod na bahagi ko. Yumuko sya at pinulot ang ilang basag na piraso ng cellphone sa sahig.

**"Lagyan nalang natin ang bago nyang phone."** Rory suggested.

**"Imposible na yon! Syempre hindi na papayag yon na mahawakan ang bagong phone nya kung alam nyang may ganung app pala na nailalagay ng hindi nya pansin."** Blaster said.

**"Bad shot na bad shot na tayo kay Jay-jay."** Calix commented.

Halos sabay-sabay kaming napabuntong hininga. Ang laking kawalan samin ng app na yon. Mahihirapan na naman kaming hanapin sya.

**"Si Jay-jay hinimatay!"** Blaster suddenly shout.

Nakatayo sya sa pinto at nakasilip sa labas. Agad syang tumakbo papunta sa direksyon nila Jay-jay. Ganun din ang ginawa ng iba.

I badly want to follow them. Pero kung gagawin ko yon, mapapatunayan ni Yuri ang iniisip nya sakin.

Kailangan kong maging maingat!

*I'm sorry Jay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 275

**A/N:** kaunting tiis. Nami-miss ko na POV ni Jay-jay.
Pasensya na sa grammar.

**Hold**

***Keifer's POV***

**"Ci..."** I called him in low tone.

He turn around and face me. **"Bat?"**

**"Let's talk."** I said and walk away from the clinic.

Halos lahat sila ay nasa loob ng clinic at naghihintay ng sasabihin ng nurse. Pinili kong manatili sa labas may kalayuan sa kanila. Dun ko nakita si Ci-N na hindi makapasok dahil nakaharang ang mga kaibigan namin sa pinto.

Sumunod sya sakin hanggang sa makalayo kami sa clinic. Huminto ako ng masiguro kong wala ng makakarinig sakin.

**"Ano yon?"** He ask innocently.

**"Hanggang kelan mo susuyuin si Jay-jay?"**

**"Hanggang sa mapatawad nya ko."** Mabilis nyang sagot at bahagyang ngumiti.

Muka syang proud sa sagot nya. Hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. I definitely choose the right person to talk to.

**"Aalis ako."**

His smile immediately wipe out. **"Ha?"**

**"I have to go back to London. It's about my inherits."** I explained shortly.

**"La! Pano si Jay-jay?"** Nanlalaki pa ang mata nya sakin. **"...Hindi ka pa nga nag-so-sorry sa kanya. Baka maghanap na yon ng iba. Tapos mabu-buntis sya. Tapos lagi silang mag-aaway kasi maldita sya. Tapos maghihiwalay sila. Tapos lalaki yung anak nyang walang ama! Tapos**

**makikita ulit namin sya! Tapos hahanapin ka nya kasi pala mahal ka pa nya kaso hindi na pwede kasi kasal ka na sa iba!"** He said almost holding his breath.

I cross my arms and look at him in disbelief. Where did he got that idea? Napakalayo ng pwedeng mangyari sa sinasabi nya. Like I'm letting Jay-jay be with another man. At bakit aabot pa sa punto na kasal na ko sa iba?

*That one is impossible.*

Hindi ako papayag na makasal sa iba kung hindi rin naman sya.

**"Wow... Sa sobrang talino mo na-predict mo na din ang future."** I said in sarcastic tone.

Nag-peace sign sya at ngumiti ng malapad. **"Baka lang kasi..."**

**"Kaya nga ibibilin ko sya sayo. Make sure her safety and make sure na wala ng po-porma sa kanya."** I sighs. **"...sakit ko na nga ng ulo si Yuri at David baka madagdagan pa pag-alis ko."**

Taka nya ko tinignan habang binababa ang kamay.

**"Bakit pati si David?"**

*Manhid!*

He don't have a clue that his dearest partner in crime is having a googly-eyed to Jay-jay. Samantalang sila tong laging magkasama at silang tatlo tong magkakatabi dati.

Maybe his too occupied to notice it.

**"Nothing."** My answer in plain tone.

He looks down while playing with his fingers. I saw his lips pouted a bit.

**"Kelan alis mo?"** He ask in sad tone.

**"Maybe after your birthday."** I answer and his mood lightened up.

Alam ko namang inaalala nya kung makakarating ako sa mahalagang araw ng buhay nya. Naalala ko pa dati na ako ang una nyang tinatawagan para ipaalala ang birthday party nya.

I suddenly remember the first time I talk to him. Para syang nawawalang tuta sa loob ng classroom namin. Napaka-imposible talaga na napunta sya samin ng dahil lang sa simpleng bintang.

And because of his height, the boys decided to make fan of him. Napakinabangan din nila ang talino nya. Sya taga-gawa ng assignment ng lahat. I don't care about him at first. But everyday watching him reminds me of someone.

*He reminds me of Percy.*

The childish act and smart thinking. Parang nahanap ko ang reincarnation nya. Dahil na rin siguro sa pangungulila sa inakala kong patay na kaibigan hindi ko maiwasan na hindi sya lapitan. Kahit si Yuri nagtaka din sa ginawa ko.

And we became friends. He starts to idolized me-which I found weird. He also follows my footsteps thinking that he can be strong like me. He even study taekwondo or karate when he founds out that I know few of that. He learn how to fight and start joining us in street.

His older brother totally disagree but he can't do anything about it. Ci-N badly wants to belong to us. We became closer and sometimes he even reminded me of my younger brother Keigan. Minsan napagpapalit ko pa sila ng pangalan kapag tatawagin ko ang isa sa kanila.

**"Mahal mo naman talaga si Jay-jay di ba?"** He asks that put me back in reality.

I smile shortly as an answer.

**"Labs mo naman pala sya bakit ginawa mo yon?"**

**"Hindi ko pa pwedeng sabihin ngayon. But you're the safest bridge of communication that I have for her."**

He scratch his head. **"Pano kapag hinanap ka nya sakin? Ano sasabihin ko?"**

**"Don't you know how to lie?"**

He bit his lips while smiling. **"Hindi."**

Parang hindi ko alam ang sagot sa sarili kong tanong. He's talkative. He'll definitely tell Jay-jay everything. Mukang limatado lang din ang pwede kong sabihin kay Ci.

**"That's fine. As long as I can trust you, I will not care how you will keep secrets."**

**"Balik ka din agad ah? Kawawa si Jay-jay kapag nawala ka matagal."** He sounds begging.

I nodded shortly. **"Kakausapin ko din ang iba about sa pag-alis ko. But I'm giving you a different job. Make sure your line is always open so I can call you anytime."**

Bigla syang nag-straight body kasunod ng pagsaludo na parang sundalo.

**"Yes sir! Yes!"** He shouts in baritone voice.

Napatingin ako sa padating na mga kaibigan namin. Si Rory ang nauuna sa kanila kasunod si Edrix at Blaster.

I look at them plainly.

**"Sana naman walang masamang nangyayari sa kanya."** Edrix said. **"...Feeling ko tuloy kasalanan ko."**

Nag-nod lang sakin si Rory samantalang nakayukong nagtuloy si Edrix. Blaster look at me shortly before continuing to walk. Nakita kong palapit na din sila Kit na pilit nilalayuan si Mayo kasunod si Eren.

Tinignan nila ko sandali tapos ay napatingin kay Ci na hindi pa rin pala gumagalaw sa kinatatayuan.

**"Buntis ba si Jay-jay?"** I heard Denzel.

Napataas ang isang kilay ko ng mapansing lahat silang natitira ay nakatingin sakin.

**"Why are you asking me that?"** I asked sounds irritated.

**"Sino kaya dito ang pinagbalakan sya?"** David ask sarcastically.

**"Nothing happened to us if that will help you sleep at night."**

**"Gago Pre... Ano namang pumasok sa isip mo at nasabi mong buntis sya?"** Felix asks Denzel.

**"Ganyan din si Grace dati. Nag-away kami tapos hinimatay."** He explained.

They all shook their heads. Maybe thinking that Denzel's idea is stupid.

**"Baka may dinaramdam lang. Pagluluto ko muna sya para mapakain pagka-gising."** Eman said and walk.

Sumunod na din ang iba sa kanya. Si Yuri ang pinaka-huling naglakad pabalik ng room. He leaves few meaningful gazes at me.

Maglalakad na sana ako papuntang clinic ng mapansing kong nasa tabi ko pa rin si Ci. Ganun pa rin ang pwesto nya.

**"Ci. Bumalik ka na sa room."** I said and waited for him to walk.

Straight body pa rin sya pero binaba na ang kamay at naglakad na malalaki ang hakbang. His marching like a real soldier.

Napailing nalang ako sa kakulitan nya. Sinasabi ko na, mas lumala talaga sya ng dumating si Jay samin.

Tinuloy ko na ang talagang balak ko. Naglakad na ko papuntang clinic. Walang ibang tao don kundi ang nurse na may sinusulat sa isang papel sa table nya.

Napa-angat sya ng tingin ng maramdaman ang presensya ko.

**"Yes?"** She asks.

**"I'm not feeling well. I have chest pain."** Sabay turo sa dibdib ko.

Napataas ang isang kilay nya. **"You don't look like in pain."**

*Tss...*

**"B-because I can still bare it but it's make me feel uncomfortable. Baka bigla nalang kasi akong himatayin sa daan."** I explained.

Kahit parang hindi kumbinsido kinuha nya ang stethoscope nya at kinabit sa tenga. Akmang ilalagay na nya sa dibdib ko ang dulo non ng bahagya akong lumayo.

Tinitigan nya ko ng mapanuri. Hindi ko na alam kung pano sya kukumbinsihin.

**"A-aw... It's hurts again. Nahihilo ako."** I said while acting like I really feel dizzy.

*Wow... Worst acting skills.*

Umatras ako ng umatras hanggang sa mapaupo sa isa sa mga hospital bed. Tuloy-tuloy akong nahiga don at tinignan sya.

**"I will sleep for a while. Don't disturb me."** Sabi ko at hinawi pasara ang kurtina.

Narinig ko ang pagbaba nya ng gamit sa lamesa at tila paghila nya ng silya. Alam ko namang alam nya na umaarte lang ako. Siguro akala nya isa ako sa mga student na tumatakas sa klase.

Pinakiramdaman ko sya at ng masiguro na hindi na nga nya ko iistorbuhin, bumangon ako at naglakad papunta sa kabilang kama. Dahan-dahan kong hinawi ang kurtina para silipin kung andun ang hinahanap ko.

Walang tao don maging sa sumunod. Sa dulong kama ko na sya nakita. Mahimbing ang tulog habang nakalagay ang kaliwang kamay sa tiyan. Bahagyang magkasalubong ang kilay nya.

I checked the curtains to make sure that we can't be seen easily by the nurse. Nang masiguro kong okay na, tumabi ako ng higa sa kaliwang bahagi nya. Nakatagilid ako habang pilit pinagkakasya ang sarili sa kama. Ginamit ko din ang isang kamay ko para pantukod sa ulo ko bilang suporta.

*I hope she won't wake up soon.*

Nag-aalala ako sa kalagayan nya pero eto lang ang paraan ko para makasama sya kahit sandali. I miss her so fvcking bad.

Kinuha ko ang kanang kamay nyang nakababa lang sa tabi nya. Tinapat ko sa dibdib ko ang palad nya.

**"Can you feel it? I'm in pain too."** I whispered.

It's true that I have chest pained. It's is because I can't do anything to ease her own pain. Nadadagdagan pa yon ng dahil sakin.

*I'm good with nothing.*

**"But it's okay, because it's nothing compared to what you feel."** I added before kissing her knuckle.

Binaba ko ang kamay nya sa dati nitong pwesto. Hinawi ko ang ilang hibla ng buhok sa muka nya.

**"Alam kong hirap na hirap ka na. But please, hold on for us..."** I whispered again and kiss her forehead. **"...Okay lang sakin kung sinusumpa mo ako dahil sa galit but I swear, I will make the pain that you feeled worth it."**

Kaya kong masiguro na makakabawi ako sa lahat ng sakit na binigay ko. Pero hindi ko mapapangako na hind ko na sya masasaktan.

*Because thats what love is.*

Pain is not the counter part of love. Not because you feel love you will never feel the pain or you should never feel the pain. Pain will still be there, it's part of the process of love. Either it kills you inside or it wakes up your senses.

Well, how did you know that's it love when you don't feel pain at all? Kaya hindi ako naniniwala sa sinasabi nilang '*hindi kita sasaktan*'. Makakasakit o masasaktan ka talaga ng taong mahal mo sadya man o hindi.

But whats important is people should know how to ease the pain. How to heal it and how to endure it. Kung paano babawiin at kung pano matuto sa sakit na naramdaman o ipinaramdam.

*Use it as a life lesson but never use it as grudge to hurt other people.*

Maybe love will show your best but pain will show your better specially when you overcome it.

At yun ang gagawin ko. I will learn from this pain and when I do....*sayo naman Jay.* Yung sakit dyan sa dibdib mo naman ang babawiin natin. And I will never stop. Kahit buhay ko pa ang kapalit.

Hinalikan ko ulti sya sa noo. **"I love you... I love you... I love you..."** I whispered. **"...I love you and I love you until scientists find the end of the universe. I will never stop loving you and I will never get tired of saying that to you."**

*Tiis-tiis lang my Jay-jay.*

Napatingin ako sa labi nya ng bahagyang umawang. Hinawakan ko yon gamit ang hinlalaki ko. I bit my lips. I know it's disrespectful to kiss her while sleeping but I really miss kissing her.

*Just one and I'll leave. Just one.*

Nilapit ko ang labi ko sa kanya at akmang hahalikan na sya pero narinig ko ang pagsasalita ng isang pamilyar na tao sakin.

**"Pwede po bang paki-bigay to sa kaibigan ko pagka-gising nya?"** It was Eman.

He probably brought food for Jay-jay. Hindi muna ako gumalaw at pinakiramdaman kung anong ginagawa nila.

**"Sinong kaibigan? Dalawa kasi ang istudyanteng nagpapahinga dyan."** The nurse answered.

**"Yung babae po? Yung dinala namin kanina."**

**"Ahh... Andun sya sa dulo. Gusto mo ba sya tignan?"** She suggested.

Muntik na kong mapabaliktad dahil sa sinabi nya. Naghanap kagad ako ng pwedeng taguan incase na pumunta sila dito.

**"Hindi na po. Pabigay nalang po nito. Salamat."** Eman said and I heard his foot steps.

Napabuntong hininga ako dahil don. Inisip ko pa namang matulog dito sa tabi ni Jay pero mukang hindi pwede. Baka bigla nalang magpunta dito ang isa sa mga kaibigan namin at mahuli ako.

Sa ngayon si Yuri pa lang ang nakakatunog sa ginagawa ko. While Ci-N understand my situation kahit hindi pa talaga nya alam ang eksaktong nangyari. And the rest of them still hates me but trying their best to understand me.

Tinignan ko si Jay-jay, mabilisan kong hinalikan ang labi nya. Sobrang gaan lang non pero bigla syang gumalaw dahilan para mataranta ako. Sa takot kong makita nya ko at mahuli nagpahulog ako sa sahig. Naitukod ko naman ang mga braso ko pero naging makirot naman ang sugat ko.

Sandali kong sinilip si Jay-jay at nakita ko ang pagkunot ng noo nya. Mukan nagigising na sya. Sa sobrang takot ko naglakad na ko paalis. Nawala sa isip ko na nasa dulong kama nga pala si Jay. Basta ko nalang hinawi ang kurtina at naglakad.

Salubong ang kilay ng nurse habang nakatingin sa pinang-galingan ko.

**"Pano ka napunta don?"** She asks.

**"Nag-sleep walk."** I answered quickly and walk away.

I heard her calling me but I ignore. Bumalik na ko sa room kung saan kasalukuyang nakatayo ang teacher sa harap at may sinusulat sa board.

Lahat sila napatingin sakin. Tumuloy lang ako sa pag-upo sa pwesto ko.

**"Saan ka naman galing?"** Yuri asks and I can sense the irritation.

**"Outside. I talked to someone."**

**"And who is that someone?"**

My forehead crease. **"Do you feel jealous that I talk to someone?"** Pang-iinis ko sa kanya.

**"No. As long as you don't talk to Jay-jay while she's unconscious."**

**"Why?"**

**"Because you're a jerk. You'll definitely take advantage and stole a kiss from her."**

Yup! He's definitely my friend for a long time. Alam na alam nya kung anong gagawin ko sa ganong sitwasyon.

A wide smile form in my lips. I can't help it.

**"And you really did."** He said sounds defeated.

Hindi na ko nagsalita. Tumingin nalang ako sa harap at pilit binasa ang mga nakasulat sa board.

Kagaya ng inaasahan ko maaga umalis ang teacher kaya maaga kami nakapag-lunch. Kanya-kanya ng usap habang kumakain. Most of them are talking about Jay.

Matapos kumain tumayo na si Yuri.

**"I'm visiting Jay."** He said without looking at me.

Hinayaan ko lang sya. Hindi naman kasi kami pareho. Hindi sya nagnanakaw ng halik sa taong tulog.

*Tss...*

Pinili ko nalang tumitig sa mga kaibigan natin. Nakapili ng grupong pag-iinitan sila Felix. Everything will be recorded via phone camera. Ipapadala yon sa lahat ng naghahamon sakin at magsisilbing panibagong warning sa kanila.

Napabuntong hininga ako. Napaka-daming gagawin. At hindi magtatagal kailangan kong umalis.

*Damn it! I don't want to leave.*

Naputol ang pag-iisip ko ng biglang pumasok si Yuri sa room. Pawisan at hinihingal.

**"Si Jay-jay..."** She catches his breath. **"...sumakay ng taxi paalis."**

Mabilis silang na-alarma. I try my best to remain calm but heart is beating so damn fast.

**"Pano na? Wala syang cellphone!"** Edrix said and took out his laptop. **"...susubukan ko syang i-trace through cameras."**

**"Baka naman uuwi na!"** Eren said but I can sense he's worried.

**"Andito pa gamit nya."** Blaster pointed at her bag.

**"Saan naman sya pupunta?"** Mayo looking at Yuri.

**"Baka mapahamak yun."** Ci-N said and look at David. **"...Dabid! Si Jay-jay!"**

**"I know. I heard it."** He answered him.

Kanya-kanya sila ng hula kung saan ngpunta si Jay-jay. Malaki ang hinala ko na hindi sya umuwi. Magagalit sa kanya si Angelo kapag nalaman na umuwi sya ng maaga kahit may klase pa.

**"Felix!"** I called. **"...call your brother. Ask him if he's with Jay-jay."**

He nodded and immediately took his phone to call his brother

I turn to Drew who's looking at me. **"Call Tiger. Ask him if Jay-jay pay a visit."**

He nodded and did the same. Yun lang ang alam kong pwede nyang kasama o puntahan.

But my hopes immediately lost when they both shook their heads. She's not with Percy and she's in the Kings Ground.

*Where the hell are you?*

Tinignan ko si Edrix na nakaharap pa din sa laptop nya. Sya nalang at si Rory ang meron kami para mahanap si Jay.

**"Edrix."** I called him in a plain tone.

**"Nawala ko yung taxi pagdating sa intersection."** He said sounds worried.

**"Ano pangalan ng Taxi company?"** Rory ask.

Binigay ni Edrix ang pangalan ng company. Pati ang plaka na nakuha nya mula sa video at iba pang details na makukuha mula sa nakadikit sa pinto ng taxi.

Kinuha ni Rory ang phone at may tinawagan.

**"Hello, is this Fast and Go Taxi company?"** He said and we all listen to him. **"...pwede ko po bang makuha ang contact number ng isa sa driver nyo?"** He added the plate number and Taxi number. **"...meron kasi akong naiwang gamit. Nagbabakasali lang na baka naiwan ko sa taxi nya."** He suddenly look at us I can see how he feel relief. **"Thank you maghihintay po ako."**

Binaba nya ang phone at hinarap kami. **"Itetext daw nila ang pangalan at number."**

Not that long when he received a message. He called it without hesitation.

**"Hello? Si Mr. Carlo Simson po ba ito?"** He ask and waited for the driver's answers. **"...kanina lang may sinakay kayong babae mula sa Higher Value school. Saan po sya nagpahatid?"** He suddenly frown. **"...mula po ako sa isang private investigating company. Delikado po ang buhay ng babaeng yon kaya kailangan naming malaman kung nasan sya."** I can sense authority from him.

Kilalang private investigator and Tatay ni Rory. Malaki ang company nila na umaabot pa hanggang sa ibang bansa. Kaya malawak ang connection nila. But I didn't know Rory can be more persistent than his father.

**"Sige. Salamat."** He said before ending the call. **"...sa Benedict Hospital daw."**

Mabilis akong napatayo mula sa pwesto ko.

**"Pupuntahan nya si Kiko."** I said and everybody almost throw the table upside down.

*What are you up to?*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 276

**A/N:** Sa mga sumasali po sa group pakisagot po yung security question. Tapos paki-basa na rin po yung rules para hindi tayo magulo. Salamat!

Kinabahan talaga ako. Napindot ko yung delete sa option. Buti nalang mabgal ang net at walang lumilitw sa wattpad.

**Happy Birthday!**

Charleth Parrocho Sy
Abby Jung
Jeanne Andrade
Kathrina Colleen Recanil
Angel Salazar
Keigh WP
Lealyn Tubongbanua
Janella Denise Pineda

**Check this story out!**

**Ang Buhay Mag-aara**l
By: NaoyaOvida

**Rising of the Hero**
By: GelooPpy

**My Highschool lifeee**
By: analynkyuttie

**It is just a Deal**
**Hugot Poetry**
By: better_than_bitter

**Don't mess with a Nerd**
**Memories of love**
By: NikNiks1027

Sorry sa wrong grammar at wrong spellings.

## Letting go

*Keifer's POV*

**"Binigyan mo sya ng phone?"** I ask Percy.

Nakatingin sya sakin habang nakatayo sa tabi ng kotse nya. He's actually about to leave but I stop him.

**"Yeah, Felix told me she broke her old one."**

I took my phone out of my pocket. **"Give me her new number."**

He smile widely before sticking out his tongue like a child. **"Ayaw ko nga."**

**"I'm not in the mood to play with you."** Sounds like a threat for him.

**"*I ain't playing with yah!*"** He rap while moving his hand like a real rapper.

Napabuntong hininga ako. Galing na sa kamatayan at lahat-lahat pero hunghang pa rin. Ano bang kailangang pagdaanan nito para tumino?

Kailangan bang ihampas ko pa ang ulo nya sa bato para magbago sya? Kung kelan nagse-seryoso ako eto sya at nang-aasar. Walang pinag-bago.

**"Percy."** I called him in serious tone. **"...just give me her number so I can leave."**

Huminto sya sa ginagawa at pinagmasdan ako. He probably sense how serious I am. Sandali syang nagkamot ng pisngi bago magsalita.

**"Sorry, I don't trust you. Sa totoo lang ayoko ng mapalapit ka kay Jay-jay. After what you've done to her."** He said while shaking his head. **"...and then you still haven't explain the incident with Freya."**

**"You don't understand my situation with Jay-jay and I have nothing to explain about Freya."** I put my phone back to my pocket. **"...kung ayaw mong ibigay, fine. I can still get her number anyway."**

I'm about to walk away when he called me. I turn back to him. He frown like a child and took out his phone.

**"Demanding mo no? Kainis!"** He said while typing out something in his phone. **"...buti nalang mas gwapo ako sayo."**

*I don't see the connection.*

Lumapit ako sa kanya habang hinihintay ang number na hinihingi ko. Nanlalaki pa ang butas ng ilong nya.

**"May kondisyon lang ako."**

I raised a brow. **"What?"**

**"Paki-paliwanag lang kung anong nangyari kay Freya."**

*Like I have a choice.* I nodded shortly before he hand over his phone to me. Pero wala naman akong nakikitang number sa phone nya. It's a dialling keypad only.

**"Type your number. Se-send ko sayo kapag binigay mo na ang hinihingi ko."** He said making an assurance.

Napailing nalang ako habang tina-type ang number ko. Mukang wala din pala syang tiwala sakin. It's a tie then. I don't trust him either.

I gave back his phone and let him do his thing. Binulsa nya yon at tinignan ako. Tinignan nya pa kayo na parang nanu-nuya.

*Asshole.*

**"Magkita tayo mamaya sa KingsGround."** He said before getting inside his car.

Hinayaan ko na syang maka-alis. I just watch the back of his car. Wala sa sariling napahawak ako sa kamao ko. It's aching!

Mukang napa-sobra ako kagabi. Sa sobrang galit ko sa pagkikita ni Kiko at Jay-jay, nabasag ko yata ang bungo ng mga nakaharap namin. It was supposed to be a warning for the other group who claim to touch Jay-jay. Yung mga susubok na pagtangkaan sya.

Kaso hindi ako nakontento sa pambu-bugbog sa kanila. Edrix almost laugh at me while shooting a video and taking a picture. Muka daw akong demunyong uubos ng lahi ng tao.

*Tss... I am pissed.*

Sulit naman dahil wala pa kong naririnig na sagot mula sa kanila. Mukang mga natakot na.

Bumalik na ako sa school. Malapit ng matapos ang lunch break at sana naman nakakain ng maayos si Jay-jay. Ayaw pa rin kasi nyang sumabay kumain.

Kapag hindi binigay sakin ni Percy ang number mapipilitan akong gumagamit ng kalokohan sa kanya. Siguro mas maganda kung ipanakaw ko muna ang phone nya para malagyan na din ni Edrix ng app pero baka magtaka naman sya kung ninakaw tapos mababalik din sa kanya.

Siguradong mabilis na syang maghinala ngayon at hirap na ding magtiwala.

Nasa pinto na ko ng room ng makita ko si Yuri na nakatayo sa harap ni Jay-jay. My forehead crease but when I saw Jay's blouse I almost loose my sanity.

**"What the..."** I said that caught Yuri's attention.

He have a worried look.

**"Why is she like this?"** I ask with authority.

**"She's tipsy."** Yuri answered quickly.

I turn back to Jay-jay. Ganun nalang ang gulat ko ng makita ko ang unti-unti nyang paghu-hubad ng blouse. Mabilis kong hinubad ang polo ko para takpan sya. Yuri did the same.

I know she's going to complain. Before she could say a thing I carry her and put her over my shoulder.

**"Tang'na! Ibaba mo ko!"** She shouts.

*Damn! Profanity.*

**"Keifer..."** Yuri called me. **"...Anong gagawin mo?"**

Anong gagawin ko? Hindi ko din alam. Basta dapat ko syang alisin dito at pigilan. Kung ano man ang nainom nya, alam kong hindi nya kayang i-take yon.

**"I don't know!"** I shout to Yuri and release a heavy sigh. **"...Basta dapat mapahinto ko sya!"**

I don't know what to do. I look at our friends who's looking at us to.

*Bahala na!*

Naglakad ako palabas ng room habang bibit pa rin si Jay. Mabilis akong lumayo sa room. Balak ko sana syang isakay sa kotse para madala sa kung saan pero napatingin ako sa hagdan papuntang second floor. That room! Pwede na yon kesa lumayo pa kami.

Umakyat ako sa hagdan. I can sense Yuri behind me.

**"Saan mo sya dadalhin?"** He ask.

I didn't gave him an answer. I continue walking until I reach the room at the end of the hallway.

**"Ibaba mo ko! Susukahan kita!"** Jay shouts again.

I took the keys from my pocket. Nahirapan akong kuhanin yon. Hinagis ko agad yon kay Yuri na sinalo naman nya.

**"Open this gaddamn door!"** I said in uproar voice.

Sinunod naman nya ko kahit parang wala sya sa sarili. Agad akong pumasok pagbukas nya ng pinto. Ibinana ko si Jay-jay sa sofa.

**"Tang'na! Kahit kelan husay mo mambwisit!"** She shouts again.

*Profanity.*

**"Huminahon ka Jay."** Yuri said that's arch my brow.

Sinubukan din nyang lumapit kay Jay pero mabilis syang binato ng unan. I can help but smirk.

Napatingin ako sa polo kong nalaglag. Mabilis na lumipat ang mga mata ko sa damit nya. Napalunok ako. Her thing is almost showing up.

She suddenly shouts while looking at her clothes. **"Bakit naka-bukas uniform ko?!"**

**"You're the one—!"** I tried to explain but she throws pillow at me.

**"Bakit kayo nandito?! May balak kayo sakin no?!"** She added while pointing fingers at us.

I almost slap my face. Hindi ko alam kung anong umaandar sa isip nya. Now I'm starting to think that she's drunk.

**"Are you sure that she's not drunk?"** I ask Yuri to make sure.

**"She's not asking for a virgin to sacrifice. So, she's not drunk."**

*Yeah, I forgot.*

Nag-ta-transform nga pala sya bilang mangkukulam kapag nalalasing. That's kinda weird. Sabagay may mga tao nga na nakikipag-break sa boyfriend or girlfriend nila tuwing nalalasing. Merong nagiging korni at panay ang joke. And I know someone who thinks he belong to anime world before passing out and that's everytime he got drunk.

*I'm not saying that it's Yuri.*

Pero mas nakakatakot pa rin yung kay Jay-jay. Baka bigla nalang nya kaming saksakin at ialay sa apoy.

Jay-jay automatically lay down at the sofa. She's probably tired or sleepy.

**"Ang init talaga."** Sabi nya at tinakpan ng unan ang muka.

I turn to Yuri and aks him. **"Who gave her alcohol to drink?"**

**"I don't know. She's acting weird when she came back after lunch."**

*After lunch?*

She's with Percy the whole lunch time. Sya lang ang pwedeng magdala ng alak dito sa school. Kinunsinti pa talaga nya. Palibhasa hindi nya alam kung anong nangyayari kay Jay-jay kapag nalalasing.

Not that long when she fell asleep. Baka epekto na rin ng alak sa katawan nya. I feel piece for a while. Napabuntong hininga ako para bawasan na rin ang pagod sa katawan ko.

**"Pwede bang..."** Yuri started that broke our silence. **"...sabihin mo sakin ang totoong dahilan."**

*Here he goes again.*

**"Dahilan saan?"** I said as if I didn't know what he's talking about.

Suntok sa buwan tong ginagawa ko kahit sa totoo lang alam kong alam ni Yuri na nagsisinungaling ako.

Ang hirap talagang magtago sa kanya ng sikreto. But I will try my best to hide it.

**"I'm not damn stupid Keifer."**

*Tss... You're definitely not.*

**"If you're not damn stupid, then what are you trying to do? Hindi ba dapat matuwa ka at nawala na ko sa landas mo. Makukuha mo na ang babaeng gusto mo."** I said and look at him straight in the eye.

Yes, enjoy the moment that I'm not around. Enjoy the moment that you're with Jay-jay. Because that's only for a while and you will never get her.

He's obviously having second thoughts. Masyado syang ma-pride. He won't take advantage of the situation. Mas gusto nya ang patas na laban kahit parang hindi ko naman nararamdaman yon.

I reach my pocket for my cigarette. Hindi ako mapakali kaya nagdala ako. Hindi ko alam na pwede ko pa lang magamit yon ngayon.

**"Gusto ko pa ring malaman ang totoo."**

**"What for?"** I ask while handling him a cigarette but he refuse. **"Seryoso ka talaga sa pagtigil? I thought you're just kidding."** He makes me chuckled.

Nagsindi nalang ako ng sigarilyo ko. Kaylangan kong maging kampante para hindi na ko mahalata pa ni Yuri. Masyado syang mapanuri. Kaunting pagkakamali ko lang, madadagdagan ang hinala nya.

**"Don't change the topic. Please answer me Keifer."**

Napabuga ako ng usok sabay iwas sa kanya.

**"Alam mo naman yung sagot, bakit tinatanong mo pa?"**

**"I don't Keifer. I don't know the exact answer."**

**"Andun ka nung plinano ko yun. Akala ko nga kasali ka pero bumitaw ka nung kalagitnaan."**

He chuckled bitterly. **"Your plan. Again?"** He shook his head. **"That's your reason for this shit! That's your reason for hurting Jay-jay?!"**

He's starting to raise his voice. Napatingin ako kay Jay-jay at napansin ko ang bahagyang pag-galaw nya. Hindi ko makita ng maayos ang muka nya dahil sa unan na itinakip nya.

*Is she awake?*

She probably is. Sa lakas ba naman ng boses nitong si Yuri.

**"That's the fvcking truth."** I answered with a bored tone.

Mas lalo kong kailangang mag-ingat. Hindi pwedeng makarinig si Jay-jay ng kung anong posibilidad na magbibigay ng clue sa kanya.

**"I'm the happiest guy in town when you stay away from Jay-jay. Ang sarap isipin na may pagkakataon na ko sa kanya. Pero nung nakita ko syang nasasaktan..."** He continued. **"...gusto kitang suntukin. Gusto kong isisi sayo ang lahat at pagbayarin ka."**

You care a lot for Jay-jay that you forget your own pain. Masyado kang mapag-mahal mukang nakakalimutan mo ng mahalin ang sarili mo.

**"Bakit hindi mo ginawa?"** Paghahamon ko kasi mukang kailangan ko talaga ng sapak.

**"Because I know there is something else."**

**"And that something is?"**

**"You're lying."** He said that makes me stop. **"...You lied to us, you lied to Jay-jay and you lied to yourself."**

So fvcking good on observation. Gusto ko syang murahin dahil sa galing nya.

**"I lied to no one."**

**"I told you. I'm not damn stupid!"** I heard his heavy breathing. **"...Matagal mo ng itinigil ang plano mo. Kaya nga huminto na ang buong Section E. Hindi kami manhid para hindi maramdaman yun."**

Naubos ko na ang stick ng sigarilyo dahil tensyong nararamdaman ko. Kaunti nalang talaga madudulas na ko sa kanya.

*Think wisely Keifer!*

**"Keifer."** He called my name almost begging. **"...Kung hindi mo kayang sabihin kay Jay-jay at sa buong Section E, kahit sakin nalang sana."**

**"Wala akong dapat sabihin sayo."**

*I can't tell you. I can't tell anyone.*

**"Damn it Keifer! You're inlove with Jay-jay but you choose to hurt her! Why?! What's the fvcking reason?!"**

*Because I have to! I fvcking have to! I'm sorry Jay!*

**"I'm not Yuri. I'm not inlove wih her."**

Out of no where, his fist hit me straight in the face. Napaupo ako sa sahig at mabilis na pinunasan ang labi ko.

I almost loose my temper but then I realize that I deserve this.

**"Alam mong alam ko kapag nagsisinungaling ka pero paulit-ulit ka pa rin!"**

**"I'm not."**

*I'm in love with her! I am! I really do!*

**"Kung wala kang nararamdaman kay Jay-jay. Bakit ganun nalang ang galit mo kapag may ibang lalaking lumalapit sa kanya?"**

Napailing ako. Wala ng maisagot sa gusto nyang sabihin. Pinili ko nalang tumayo at lumakad paalis. Pero nag-iwan muna ng mga salita pwede nyang paniwalaan.

**"I'm just playing around."** I said and walk away.

Napabuntong hininga ako paglabas ng room. I have to do this. Gising si jay, nakita ko sya kahit sandali.

I feel so weak. Wala man lang akong magawa kundi ang saktan sya para mailigtas sya. Damn this family! Damn this Watson family! Wala mahalaga sa mga taong yon kundi pera. Lahat gagamitin nila para makuha ang gusto nila.

This is frustrating. I'm hopeless. I am Keifer Watson, I can do everything what I want but why can't I do anything for her?

*I'm fvcking useless.*

Hindi ko na alam kung sinong kakausapin ko. Hindi ko na alam kung kanino pa ko lalapit. I took my phone out of my pocket.

Angelo the Demon King is the only person that I know who can help me. Pero malaki ang magiging kapalit nito. Hindi pwede! Hindi sya pwede!

Kung si Keigan ang kakausapin ko, paniguradong magiging praktikal lang sya. Ibibigay lang nya ang parehong solusyon na palagi nyang sinasabi.

*Get rid of Jay-jay.*

Who else will I talk to?

Napatingin ako ulit sa cellphone ko ng maka-receive ako ng message galing sa unknown number.

**From:** *+639**********

**Message:** *wag mong paghintayin ang kgwapuhan ko. Mamaya sa KingsGround.*

It's Percy. Napabuntong hininga ako. Sumabay pa ang isang to. Siguro mas mabuti kung mauna na ko sa kanya. Maybe liquor can help me find someone to talk to.

Naglakad ako paalis ng building na yon. I know Yuri will take care of Jay-jay without taking advantage of her situation. Nakakapag-selos na maisip na magkayakap sila. But I can't do anything if Jay-jay needs a shoulder to cry on.

Kaya hahayaan ko muna sila.

I reach my car and immediately hop in. I start the engine and drive fast. I badly want to taste some alcohol now. I need it! My tounge needs it, my body needs it and my fvcking mind needs it.

*But my heart needs Jay-jay.*

Pagdating sa KingsGround basta ko nalang pinarada yung kotse. Wala na kong pake kung ma-carnap to. Pumasok ako sa loob at ang mga nagma-map na tauhan ni Tiger ang bumungad sakin.

**"S-sir... Sarado pa po kami."** Sabi ng isa sa kanila. **"Si Boss naman po tulog pa."**

**"It's okay. I'm not here for him. I'm here to drink."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nya at lumapit na sa counter bar kung nasan ang isang bartender na nagpupunas ng baso.

**"My usual."** Sabi ko habang paupo sa stool.

Mabilis syang kumuha ng baso at nagsalin. Inabot nya sakin yun bago bumalik sa ginagawa. Tinanggap ko yun at ininom.

Pagkababa ng baso kinuha ko agad ang phone ko at tinext si Percy.

**To:** *+639**********

**Message:** *Ako ang wag mong paghintayin. I'm here dummy!*

Pagka-send binalik ko ang phone sa bulsa at ininom ulit ang laman ng baso. Mabilis kong naubos yon kaya nanghingi agad ako.

Nakaka-anim na baso na ko ng dumating ang Percy. Magulo pa ang buhok nya na parang minadali sa pagsusuklay.

**"Ikaw magbayad ng iinomin ko!"** Sigaw nya sakin bago maupo sa stool sa tabi ko.

**"Whatever."**

Sumenyas sya sa bartender. **"Bigyan nyo ko ng para lang sa gwapo."**

*What the...*

Napakamot ng ulo yung bartender. Halatang hindi alam kung anong sinasabi nya.

Hinarap ko yung bartender. **"Bigyan mo sya ng lason."**

Percy immediately turn his gaze on me.

**"Sige. Basta ikaw ang iinom!"**

I smirked while shaking my head. Sinenyasan ko din ang bartender na bigyan pa ko ng isa pa.

Mabilis nya kong inabutan bago bigyan ng ibang alak si Percy. Mabilis nyang tinungga yon bago humingi ulit ng isa pa.

We're both in silent for a while before he decided to speak.

**"What happened Keifer?"** He ask seriously while looking at his hand with the glass of alcohol.

**"With Freya?"**

**"With you, with Yuri, with Aries and with our friendship."**

*Our friendship?*

Napatigil ako sa pag-inom at napatingin sa kanya. Dun pa rin sya nakatingin sa baso nya.

**"Kita mo naman itatanong mo pa."** I said and take a sip.

**"May mali kasi... Maling-mali."** He shook his head before taking a sip from his glass.

**"Mali na? Mali na nasira kami o mali na magkakasama kami sa iisang school."**

**"Bakit si Aries ang pinagtutulungan nyo?"**

**"Tss... Didn't know you suffered from amnesia."**

**"Wala akong amnesia!"**

Naubos na ang laman ng baso nya at sumenyas sa bartender.

**"Then you should not ask that stupid question about Aries."** I said sounds irritated.

He shook his head and laugh in disbelief.

**"Akala ko sating lahat ikaw ang pinaka sa lahat ng bagay. Except sa pagiging gwapo syempre ako yun."**

I almost roll my eyes. Nagawa pa talaga nyang isingit yon sa usapan.

**"Ano bang gusto mong iparating?"** I want him to be straight to the point.

**"You're such a gullible."** He give me a deadpan look.

Whatever he's trying to say, I know it's between the four us. It has something to do with our past and I know it might affect Jay-jay.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 277

**A/N:** Yow! Still reading? Tagal kong mag-UD. Miss ko na din mag-UD ng madami.

Maybe after editing, makakapag-Focus na ko sa Part 3.

**Happy Birthday!**

Rochel Sula
Angel Joy
Eunelyn Ebarat
Diana Kristine Sanao
Geae Ayapana
Cathleen Ayapana

**Shoutout!**

@Jsllyjyyy
Harold James Sichon Razon

Check this story out!

**My life has a Limit**
By: denellealbestor12

**Struggle for the Possession**
By: NightBlaze25

**When we first met**
By: Ate_EC

**Detective Intelligent Club**
**Hindi malamang luh**a
By: THIS_TOY_AIR_22

Sorry sa wrong grammar at wrong spelling.

**Give up**

***Keifer's POV***

**"Sama ka ng sama kay Yuri, duwag naman yon."** Percy said and take a sip from his glass.

Napailing nalang ako. I'll just pretend that his drunk. Malayo naman sa tinatanong ko ang sinasagot nya.

*How did I become gullible?*

**"I don't care about Yuri's cowardliness. I'm here for *My Jay-jay's* phone number."** I said and hand signal the bartender for another round.

**"Marami akong concern at sasabihin bago ibigay ang number nya."**

I massage my temple because of headaches. Bakit ba ko nag-ta-tyaga maupo dito sa tabi nya?

**"You know what? I think I'll just find another way to get her number."** I said and took my wallet for cash.

**"Okay... Sabihin ko nalang si Jay-jay na magpalit ng phone number."** He said and smile like a lunatic.

Hindi ako makapaniwala. Nanadya talaga ang isang to. I put back my wallet.

**"Sabihin mo na lahat ng concern mo. Dami mo pa arte!"**

Bigla nalang nyang binaba ang baso sa counter table. Gumawa yon ng ingay kaya napatingin samin ang bartender.

Percy's seriousness are back.

**"I just don't understand why you let Aries suffer like that."** He chuckled bitterly. **"Kayo dapat ang unang tatayo sa tabi nya pero kayo pa tong unang nang-iwan."**

I frowned. **"Don't talk as if it's all our fault. If you let us know you're alive this would never happened to us."**

**"If you still don't know it, my Mom never let me contact anyone from here! Pati pamilya ko!"**

**"You should've at least tried. Just one freaking sign that you're alive!"**

**"And then what? I can't still show up, it's useless!"**

**"But we can search for you. Aries, Yuri, Angelo and me can search for you."**

I can't believe I'm saying this word. Hindi ko alam na mauuwi sa sumbatan ang usapan na to. Alam ko namang alam nya na marami akong gustong isumbat sa kanya. And I know the others has the same agony.

**"...but obviously it's pointless to fight because of that. Nangyari na ang nangyari kaya wala na tayong magagawa."** I added and drink.

He shook his head. **"Ang laki pala ng sira na nagawa ng pag-kamatay ko."**

Sobrang laki na umabot pa pagkasira ng pangalan ng Fer. Corp. Dahil alam ng lahat na Fernandez si Aries at ang nangyaring aksidente sa aming apat. Marami sa mga investors at stock holder nila ang umatras.

Dun din nagsimula ang pagbagsak nila. They try their best to save the company pero lalo naman silang nagka-problema dahil sa mga Hanamitchi.

*Poor Angelo.*

**"Sobrang laki..."** I whispered. I take another sip my glass. **"Anong totoong dahilan ng pagbabalik mo? Obviously you're not here to get your life back."**

**"Balak kong kuhanin sila Felix at dalin sa US. May iniwang pera yung sira-ulo kong Tatay para sa kanila kaso hindi ma-claim kasi hindi sila mahanap ng insurance company."** He explained. **"...Ihahatid ko din si Jay-jay sa Papa nya."**

**"Balak mo bang sabihin sa kanya?"**

**"Ang alin?"**

**"That her father has a cancer."**

Natigilan sya at napatingin sakin. Hindi siguro makapaniwala na alam ko ang bagay na yon.

Nung sinabi kong tutulungan ko si Jay-jay na mahanap ang Papa nya, totoo yon. Pero hindi ako tumigil kagaya ng akala ni Jay. I search him using my little resource. Mas nahirapan nga lang ako dahil sa ibang bansa nakabase ang Papa nya.

Masyadong pribado ang Mariano. Ibang name din ang gamit nila sa mga business ventures nila. Kakaunti ultimo mga litrato ng pamilya nila. I can't believe someone like him can hide himself from the business world.

Kung tutuusin maswerte si Rory at Edrix na nakakuha ng kakaunting information tungkol sa kanya at kay Percy noon.

**"Wow..."** He said sarcastically. **"...Hanga talaga ako sa kaya mong gawin. Pati yun nalaman mo pa."**

**"It was my lawyer who found out. Nasa New York sya non at naghahanap ng pwedeng tumulong sakin. Then he saw Mr. Fernandez at the hospital taking his Chemotherapy."**

**"Pano naman sya nakilala ng lawyer mo?"**

I cleared my throat. **"Ipinahanap ko sya dati para kay Jay-jay. Nung nakakuha ako ng litrato nya at ibinigay ko yon sa lawyer ko para**

**makahanap ng additional information."**

**"Tibay!"** Sabi nya habang nakangiti ng nakaka-asar. **"Ready kang gawin lahat no? Is that pagmamahal?"**

*Yes. It is!*

I ignore him and continue drinking. Nanghingi ako ng isa pa matapos maubos yon. Ganun din ang ginawa ni Percy.

**"Can I have her number now?"**

**"Kiss muna!"** Sagot nya.

Muntik ko nang maibato sa kanya yung hawak kong baso buti nalang at nanghinayang ako sa laman.

**"Just tell me if you're drunk."** I said almost commanding.

**"Hindi pa! Baka ikaw, nauna ka kaya sakin dito."**

I shook my head and take a sip. Matagal bago ako malasing. Isang bagay na mukang namana ko sa mga Watson. Kailan ko lang nalaman na may ganun pala kami sa pamilya. Akala ko dahil nasanay lang ang katawan ko sa alak.

There's a lot of things that I still haven't discover about the Watson family. Nakakatakot na alamin ang mga yon pero mas nakakatakot na hindi ko malaman kahit isa sa mga yon.

Ano pa kaya ang meron sila na hindi ko nalalaman? I don't want to know but I want to at the same time. Pakiramdam ko magagamit ko yon laban sa kanila.

*One dark little secret.*

**"Si Freya..."** He said.

Yan ang kanina ko pa hinihintay na itanong nya. Paliwanag ko lang naman ang hinhingi nya and I can have Jay-jay's number.

**"Naging masaya ba sya nung nawala ako?"**

Bahagya kong inalog ang basong hawak ko. I hate to say this but there's no point on hiding it.

**"She didn't even cry when we thought that you're dead. Akala ko dahil nagma-matapang lang sya but I was wrong."** I take sip from my glass. **"...I don't want to hurt your feelings, but I will hurt it. She's not really into you back then."**

Dinig ko ang mahina nyang pagtawa. Kasunod ng biglaan nyang paglagok ng iniinom. He swallowed it like his swallow a drinking water.

Sumenyas sya sa bartender. **"Give me something hard."**

*Give him a solid earth rock.*

Nagbaba ng basong my yelo ang bartender sa harap nya. Sinalinan yon ng laman bago itulak palapit sa kanya.

Ininom nya yon bago magsalita ulit.

**"Because she's into Yuri."** He said and drink again. **"...I didn't see it back then but I knew she has a hidden crush with Yuri."**

My forehead crease. **"Did she dated you before to get closer to Yuri?"**

He shook his head. **"I don't know, but..."**

He obviously can't continue his word. Probably painful.

**"That's what it looks like."** I continue his sentence and he nodded. **"She had her chance with him but Yuri screwed up."**

**"He's a fvcker!"** He shouted and slam the glass at the counter table. **"He took advantage of my Freya! Sana kung hindi naman pala talaga nya gusto hindi ganon ang ginawa nya!"**

Dumukdok sya sa lamesa habang patuloy sa pagsasalita pero hindi ko na maintindihan ang mga yon.

Sumenyas ako ng isa pang baso sa bartender. Tinignan nya ko na parang may inaalam ang kalagayan ko.

**"Hindi pa kayo lasing Sir?"** Tanong nya habang nagsasalin ng alak sa baso ko.

**"Nope. Still not drunk."** I said proudly.

Bigla nalang bumangon si Percy. Akala ko nakatulog na sya o kaya naman lasing na at hindi na kaya. Mukang gising na gising pa rin sya.

**"Pano naging kayo ni Freya?"** He ask in serious tone.

**"I really like Freya. Kaya nung nakita ko syang umiiyak because of their brake up, I took advantage of the situation and comfort her."** I shook my head.

Remembering my action makes me regret our past. Hindi na dapat ako lumapit sa kanya noon. Sana hinayaan ko muna syang ayusin ang sarili nya.

She's a mess and starting a relationship while on that situation is a big NO.

**"Inalagaan mo ba sya ng maayos?"**

**"With my best."** I answer shortly and take a drink.

**"Did you made her cry?"**

*I did...*

Don't know if I will answer him. I'm ashamed with what I did to her from the past.

Nangako ako sa sarili ko na aalagaan ko sya. In the name of Percy—whom we thought dead. Pero hindi ko nagawa ng dahil sa anger management issue ko.

**"Silence means yes."** He said and the next thing I know, I was on the floor with a sting of pain on my cheek.

He punched me! He fvcking punched me while I'm occupied. Ito ba ang pinunta nya dito? Dahil gusto nya kong suntukin?

**"That feels good."** He said while looking at his fist.

Bumalik sya sa upuan at tumayo naman ako. Kinuha ko ang baso ko at idinikit yon sa pisngi ko. Kung wala lang akong kailangan sa kanya baka nakipag-palitan na ko ng sapak sa kanya.

Umupo nalang din ako habang nakadikit pa rin ang baso sa muka.

**"Bakit mo sya sinaktan?"**

**"It was an accident."** Sinubukan kong hilutin ang muka ko. **"...I was furious because of jealousy. Kung sino-sino ang nakikita kong kasama nya. I even saw her flirting with another guy."**

**"So you punched her?"**

I look at him in shock. **"What? I never punch her!"**

**"That's what she told me."**

**"I push her too hard on the wall then I punch the wall beside her! I would not do such thing to her!"**

I can't believe this. Kaya pala iba-iba ang nakakarating saking balita kasi iba-iba ang sinasabi nya. Some even called me sadists. Pinili ko nalang hindi pansinin yon.

**"...and it only happened once!"** I added.

I swallowed my drink. I regret that we fought that day. Dun kasi nagsimula ang problema naming dalawa. Kung hindi ko lang sya naitulak ng malakas non malamang hindi sya matatakot ng ganun sakin. Hindi ko rin siguro masusuntok ang pader sa sobrang galit.

I know she was hurt but she choose to cry silently. I'm so stupid! Kung sana binigay ko nalang ang kalayaang hinihingi nya. Things would have been happened in a different way.

Sinubukan ko namang ayusin ang nasa pagitan namin. I bought her a penthouse, a car and gadgets that her parents can't afford for her. She accepted it and we make out but I didn't know she was up again for something else.

**"So, who's who and who's not?"** He ask sounds not interested.

**"It's useless to point my fingers to whomever should be blame. Think whatever you wanted to think."**

He took out his phone. **"As I promised."**

I'm about to take it from his hand but he slightly move it away.

**"Sinasabi ko sayo Keifer. Kapag tumakbo sakin si Jay-jay ng umiiyak dahil na naman sayo."** He points his finger at me. **"...isusumbong kita sa Tatay nya."**

Mabilis kong inagaw ang cellphone nya sa kanya. As I unlock it, Jay-jay's phone number shows up. I send it immediately to my phone number before handling his phone back to him.

Mabilis kong kinuha ang cellphone ko ng marinig ang pagtunog non. I stared at her number for a while. Gusto kong pindutin ang call option para matawagan sya.

But I'm scared.

*Fvck this!*

I'm Keifer Watson and for the first time I'm scared to call a girl over the phone.

I thought Watson turns into a beast. Bakit parang baliktad ang sakin? Bakit parang nagiging duwag pa ko?

I'm starting to hate this feeling. Ganito ba talaga kapag in love? Nagiging magulo ang isip? Hindi naman ako ganito kila Freya at Ella.

*Maybe because it's different. She's different.*

Binalik ko ang phone ko sa bulsa. Mabuti na yon at baka matukso lang akong tawagan sya. Hindi magandang alam nya na alam ko ang number nya.

Napatingin ako kay Percy ng mapansin kong yung mismong bote na ng alak ang tinutungga nya. Napailing ako.

Sa totoo lang naiinggit ako sa kanya. Ang lapit nya kasi kay Jay-jay. Dati naiinggit ako sa kanya dahil kaya nyang magpatawa ng ibang tao. Kahit sarili kong problema nakakalimutan ko dahil sa kakulitan nya.

Kaya mas ginusto kong kasama silang apat dati. Natatakasan ko ang problema sa bahay. I bit my lips. Dahil sa pagtakas ko na yon, napabayaan ko si Mom at Keigan. Kung naging malakas lang sana ko noon.

At ngayon, sana naman magawa ko ang hindi ko nagawa dati. Ang protektahan ang mga mahal ko at hindi na maging mahina.

*For my brothers and for her.*

**"You think I'm weak?"** I ask Percy almost whispered.

**"Bakit mo natanong?"**

**"Because I can't protect her without hurting her feelings."**

**"Hindi kahinaan yon, katangahan ang tawag don."**

Hindi ko alam kung nang-aasar ba sya o ano. Sinabihan nya kong katangahan lahat ng ginagawa ko.

I wish he was drunk. Para kasing hindi na nya alam ang mga sinasabi nya.

**"Thanks."** I said sarcastically. **"Not to mention that I'm also suffering."**

Natawa sya habang umiiling. **"Tinitignan mo lang kasi yung easiest option."**

**"It's not an easy option. It's actually the hardest for me and for her."**

**"By hurting her? Bullshit."** He said calmly.

**"Easy for you to say."**

**"Yet you still haven't let her go."**

Napaiwas ako ng tingin.

*Because I fvcking can't.*

All of this are just temporary. Eto lang kasi ang dapat na makita ng mga kalaban ko but that doesn't mean that I'm really letting her go.

**"What am I suppose to do? Hindi ko sya pwedeng bitawan ng tuluyan."** *That will kill me!*

**"Hindi mo ba naisip na mas masakit ang ginagawa mo ngayon? You show her that your not really in love with her but in reality you still keep her."** He chuckled bitterly. **"...para kang naglalagay ng invisible rope sa leeg nya. And that rope will soon kill her!"**

**"I won't let that happen!"**

He put down the bottle. **"It already happened! That's exactly what you're doing for this past few days!"**

Nahilamos ko ang muka ko. My actions are true to his words.

**"You're fvcking killing her inside."**

**"Tingin mo ba hindi ko naisip yan? Masakit din sakin to but I have no choice!"**

Bigla syang huminto at tinitigan ako. Sinenyasan nya ang bartender at tumingin naman yon samin. Hindi ko gusto ang paraan nya ng pagtingin sakin.

**"Leave us."** Sabi nya at umalis naman ang bartender.

**"What is that for?"**

**"Tell me Keifer. To whom are you trying to protect Jay-jay?"**

Napaiwas ako ng tingin. Wala akong balak sabihin sa kanya ang totoo. Ayokong pati sya maki-alam pa.

He shook his head. **"May pinasok ka bang gulo at dinamay mo sya?"**

**"No. It's not like that. I am trying to protect her from my old enemy."**

**"From your father?"**

I nodded shortly. Hindi naman ako nagsisinungaling. Isa sya sa mga taong pilit kong nilalabanan para sa kanya at sa mga kapatid ko.

**"Fvck! Hindi pa pala tapos ang laban nyo?"** Napabuntong hininga sya. **"I miss so many things about you."**

My lips form in a thin line. **"Yeah. I think."**

Tinungga na naman nya ang boteng hawak nya. Halos mawalan na ng laman yon.

**"If you truly wants to protect her I suggest you let her go—for real. Halatain ka kasi, hindi mahal pero hindi naman mapakali."**

Napahawak ako sa sintido ko. Lasing na sya at halata na. Pipikit-pikit na din kasi ang mata nya. Hanggang sa mawalan na ng laman ang bote. Bigla nalang syang tumawa ng malakas.

**"Meron akong joke. Gusto mo marinig?"** Sabi nya habang tumatawa.

*Oh fvck!*

**"No."** I said and about to leave but he grab me.

**"Teka... Yung joke ko walang makikinig. Sayang to!"**

I force to remove his hand. **"Save it for the future."**

Marahas syang umiling. **"Ayaw."**

I took my phone out and dial Felix's number. He answered it after few rings.

**["*Bakit?*"]**

**"Pick up your brother here at the KingsGround."** I said.

**"Hey... Listen to my jokes. Si Jay-jay gustong-gusto y-yung mga joke ko."** Percy begs.

**["*Lasing ba? Naku! Iligaw mo nalang sa highway.*"]**

I shook my head. Hindi ako makapaniwala na tinatakwil nya ang sarili nyang kapatid. Sino ba naman kasing gugustuhing iuwi ang lasing na to? Puno pa ng kakornihan.

**"Just pick him up."** I said before ending the call.

**"I have sooooooo many jokes."**

Napabuntong hininga ako. I can't stay here any longer.

Nakita kong pabalik na ang bartender na pinaalis nya kanina.

**"There's the bartender. He's ready to listen to your jokes."**

Bumitaw sya sakin at sinalubong ang bartender. Nagtataka naman yung isa sa kanya. I put down some cash at the counter table before leaving.

Mabilis kong tinungo ang kotse kong pinaliligiran na ng mga nagkaka-interes na nakawin. Lumapit ako din at pinindot ang unlock sa mismong harapan nila.

Mabilis naman silang nag-alisan. Sumakay ako at mabilis na pina-andar paalis ang kotse.

I enjoy talking to Percy but I don't like his advice.

*Let go Jay-jay for real.*

How? Hindi pa ba sapat tong pagtataboy ko sa kanya st kailangan ko pa syang bitawan ng tuluyan?

Nadiinan ko ang tapak sa gas. Bumilis ang kotse ko ng hindi ko namamalayan. Kung saan ako papunta, hindi ko alam. I keep driving until I notice the tallest building in front of me.

Nasa business district ako. Humigpit ang hawak ko sa manibela.

Is it time to tell Yuri? Ayoko syang idamay but I'm out of choices. Kahit simpleng payo lang malaking bagay na yon sakin.

I just need someone to listen about this.

Niliko ko ang manibela at tinunton ang building nila Yuri. Dumiretso ako sa basement parking nila. Mabilis naman akong pinapasok ng guard ng makilala nya ko.

After parking it dumiretso na ko sa elevator. Unlike other elevator hindi basta-basta dumidiretso sa bahay nila Yuri. Someone from security section are processing a face recognition. Kapag hindi pamilyar o hindi hinayaan ng Hanamitchi Family hindi basta-basta makakapasok.

It's a good thing I always visit Yuri. Kaya hindi na ko dumadaan sa mga security process nila.

Pagbukas ng elevator door, sinalubong ako ng Mother ni Yuri. Which is kinda weird.

**"Tita..."** I said and hug her shortly.

She smiled at me. **"Visiting Yuri?"**

**"Yeah. Andito na po ba sya?"**

Ngumiti sya at umiling. **"Maybe on his way."** Hinawakan nya ko sa braso. **"Ihahatid kita sa kwarto nya. Tara."**

*This is really new.*

Mabagal ang lakad nya na pilit kong sinasabayan. Hindi ako mapakali. I don't like the way she holds me. It's really awkward.

**"Ang tagal nyo ng magka-kaibigan nila Yuri. I still remember kung pano kayo kagalitan ni Angelo sa harap namin. Quite painful kasi hindi ko gustong nakikitang nasaksaktan o nasesermonan ang anak ko. But I guess it has a good result."** She said and force a smile.

**"Hindi ko talaga gusto na may ibang sumisigaw o nananakit sa kanya. I feel pain for my son. Especially when he cried, ako ang nadudurog para sa kanya."**

What every mother's feel for their child. Pero hindi ko talaga maintindihan kung bakit nya sinasabi sakin ang mga to.

The last time she talk to me like this, it's about Ella. Who is it now?

**"Kaya nga nagsisi ako ng husto ng makita ko syang umiyak dahil kay Ella. I thought I did the right thing for him. Pero nakita ko syang nagbago. My sweet son changes into someone that I don't know who. I can't afford to see him like that again."**

Napahinto ako kasunod ang unti-unti'ng pag-alis ng kamay nya sa braso ko.

*This is about Jay-jay.*

**"Alam kong alam mo ang gusto kong iparating sayo. That Jay-jay girl. She have to be with my son."** She said with teary eyes.

**"No."** I answer shortly and about to leave but she stop me again.

**"Sasabihin ko sa mga Watson ang totoo!"** She shouts.

I turn to face him in shock. How on earth did she knew about the Watson?

**"Ilang beses ng may tumatawag from the Watson company. We thought it's about your investment to us but it was more than that."** Her teary eyes turn into a fierce one. **"They keep asking about Jasper Jean. We gave them the same answer that we keep giving them. She's my son's fiancée."**

*Fvck them! Kumikilos na sila!*

I try my best not to show any emotion. But I'm fuming inside.

**"But I know that Clyde—your cousin is waiting for a different answer. Kaya kong ibigay yon sa kanya."**

My fist clenched. Ayokong magsalita ng hindi maganda kay Tita. She's been so good to me that I almost treat her like my mother. But my patience has a limit.

It is true that Yuri's mother is a genius. She knows when to use her resources on someone's weaknesses.

**"Sige. Gagawin ko ang gusto mo."** I said and she smile as a relief. **"Sasabihin ko sa anak mo ang gusto mong marinig."** I start walking toward her until I'm close enough. **"...but if Jay-jay got married to Yuri before I receive my inherits. I will burn your family alive and turn them into ashes."**

Nawala ang ngiti nya. **"You can't do such thing."**

**"You don't know me, Mrs Hanamitchi. I'm a Watson and I'm powerful more than you think I am."**

Umiling sya at ngumiti ng may pagmamayabang. **"Not without your inherits. Your still a kid claiming to be powerful."** Dinuro nya ko. **"Makakasal pa rin sila bago o pagkatapos mong makuha ang mana mo. The Headmaster of our family wants to meet her and that is not a good sign for you."**

I smirked. **"You think I will let that happen? I assure you someone will be on checkmate and that will not be me."**

Nilagpasan ko sya at dumiretso na sa kwarto ni Yuri.

Hindi ko alam na makiki-alam ang Mother ni Yuri. But I don't give a fvck.

What I said will be done. Mali ang taong binantaan nya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Twitter:** @lareypot

**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 278

**A/N:** Yung previous chap. Pagpa-sensyahan nyo na. Nagha-hang ang phone ko dahil sa dami ng words non kaya hindi ko na naayos mga grammar at wrong spelling.

Minsan nakapikit din ako habang nagta-type. Antok na antok kasi me tapos gusto ko na matapos yung chapter.

**Happy Birthday!**

Antonette Peñafiel
Princess Almera Lasala

Sorry sa wrong spelling at wrong grammar.

**Textmate**

***Keifer's POV***

**"She said that?"** Honey ask. **"So fierce."**

Bakit ba dito ako nakikipag-kwentuhan? Hindi ako makapaniwala na napag-tyagaan kong makipag-usap sa babaeng to.

**"Bakit ba dito ka na naman kumakain ng almusal?"** I sound irritated.

**"Masarap kasi magluto si Denise Leah. Yung cook nyo."** Sabi nya bago sumubo ng pagkain.

Napatingin ako sa kanya habang umiinom ng kape. Sino naman yun?

**"What are you talking about? Her name is Abigail Mabaza."**

Nabitawan nya ang hawak na kubyertos. Tinignan nya ko na puno ng pagtataka.

**"Cook mo hindi mo kilala? Ano ka ba?!"**

Baka ang dami nilang nagta-trabaho sakin. Malay ko naman sa pangalan nilang lahat. Ni-hindi ko nga nakakaharap ang bawat isa sa kanila.

*Speaking of them.*

**"How's the new Maid of Keigan?"** I ask Honey.

Nagpalit na naman kasi sya ng Maid. Hindi ko pa nahahanap ang mga dating nag-alaga sa kanya. Which is very weird. Para bang may nagtatago sa kanila para hindi ko mahanap.

**"She looks good. Mukang nagkaka-sundo na sila ni Keigan."**

I nodded shortly. That is a good sign. Nahirapan kaming maghanap ng nurse na papayag maging Maid.

Alam kong may problema ang kapatid ko. That's why I choose someone in the field of medicine to take care of him. Maybe she can figure out what's wrong with my brother.

Alam kong magagalit si Keigan kapag nalaman nya ang ginawa ko. I just want to make sure he's alright. Maiintindihan naman siguro nya ko.

Napatingin ako sa padating na Keiren. Kasunod nya si Keigan na magulo ang pagkaka-suot ng uniform. Pati buhok nya hindi rin maayos. Hindi rin nya suot ang salamin nya.

**"What's on the menu?"** He ask before sitting down.

Nagtinginan kami ni Honey dahil sa inasta nya. He's not the usual Keigan that we have every morning.

**"Good morning."** Honey greets him.

Ngumiti sya at tumingin kay Honey. **"Good morning to you too."**

Naibaba ko ang hawak kong tinidor. I cross my fingers and leveled it with my lips. I observe him silently.

This is not the Keigan I know. Magana syang kumain at panay ang ngiti samin at sa mga Maid na nagse-serve ng pagkain sa kanya. Ngayon ko lang sya nakitang ganito. Madalas na tahimik sya unless nalang may pag-uusapan kaming mahalaga. Minsan may hawak syang libro habang kumakain at hinding-hindi nya hinuhubad ang salamin nya.

**"I like the food today. Masarap talagang mag-luto si Kezha."** He said that make us stop.

*Who's Kezha?*

**"Who?"** Honey ask him.

**"Yung cook, hindi ba si Kezha yun? Kezha Keith Rosal. I remembered her for cooking delicious food for me."**

Tinignan ako ni Honey bago tumingin sa mga Maid. Ganun din ang ginawa ko at kita ko ang pagtataka sa mga muka nila.

**"Why?"** Tanong nya ng mapansing nakatingin kaming lahat sa kanya.

**"S-sir."** Tawag ng isa sa mga Maid. **"Hindi na po nagta-trabaho si Kezha dito. Sinesante nyo po sya, anim na buwan na po ang nakakalipas."**

Napatigil si Keigan sa pagkain. **"I did? Why?"**

**"H-hindi po namin alam."**

Puno ng pagtataka ang itsura nya na parang inaalala kung ginawa nga nya yon. Napatingin ako kay Keiren ng mapansin kong nakatingin sya sakin. Halatang meron syang gustong sabihin.

**"Maybe we should get ready. Baka malate pa tayo sa school."** I said before picking up my fork and continue eating.

Mabilis lang natapos ang almusal namin. Except kay Honey na balak pa yatang mag-part two ng almusal. Iniwanan nalang namin sya sa Dining.

Papunta na sana kami sa garahe ng mapansin kong walang dalang gamit o kahit na ano si Keigan.

**"Where's your school bag?"** I ask him.

**"Para saan ang school bag?"**

I arch a brow. He can't be serious! The Keigan I know is an achiever. Hindi sya papayag na um-absent sa school dahil ayaw ng mausungan sa Top rank.

Parang nakuha naman nya ang ibig kong sabihin. Pumitik pa sya sa daliri bago bumalik sa loob bahay.

**"Speak now."** I said to Keiren when Keigan is gone.

**"He don't know me."** Sagot nya at tinignan ko sya. **"He said something like this: *Sino ka nga ulit?*. Then he smiled and walk away."**

Ginulo ko ang buhok nya at nagpilit ng ngiti. **"Your Kuya Keigan is stress. Maybe he's just messing with you."**

But I know it's more than stress. Hindi maganda ang kutob ko sa inaasta nya. Kaunti nalang iisipin ko na may sakit na sya sa pag-iisip. Pero ayoko namang umabot sa ganung punto.

Binuksan ko ang pinto ng kotse para papasukin si Keiren. Hindi ko pa naisasara yon ng biglang dumating si Keigan. Dala na nya ang bag nya at suot na rin ang salamin.

**"Let's go!"** Nakangiti nyang sabi bago sumakay sa kotse ko.

Pagsara ko ng pinto sakto namang pagtunog ng phone ko. Kinuha ko yon at sinagot ang tawag.

*It was Edrix.*

**["*Nabasa mo! Nabasa mo!*"]** He said in a hurry.

Naririnig ko ang boses ng ilan sa mga kaibigan namin. Malamang na nasa school na sya.

**"What?"**

**["*May invitation tayo mula sa grupo ni Ram! Nag-aaya sila ng laban para sa bagong leader nila!*"]**

Nakahanap na kagad sila ng leader ng ganun kabilis?

**"Sinong leader nila?"**

**["*Hindi nila sinabi! Feeling ko initiation pa lang nila! Gusto muna yata na pabagsakin ka o kaya si Jason!*"]**

Malamang na ako ang target nila. Hindi lalabas si Jason kung alam nyang nakakalat ako. May atraso sakin ang lalaking yon. Malinaw na sakin na sya yung naka-motor na nagpahamak kay Jay-jay.

**"Buhay pa si Ram, bakit nagpalit na sila ng leader?"**

**["*Hindi ko din alam! Pero sabi nakalabas na sya ng ospital! Delikado si Jay-jay!*"]**

*No! I won't let him get my Jay-jay!*

**"Accept the fvcking invitation! I will show them who's the real boss here!"**

**["*Pumayag si Keifer!*"]** Dinig kong sigaw ni Ci-N at naghiyawan sila.

Mukang naka-loud speaker ang phone at naririnig nila lahat ng pinag-uusapan namin. Edrix ended the call.

Mabilis akong sumakay sa kotse at nag-drive. Naging tahimik ako kahit panay ang tanong ni Keigan ng kung ano-ano na alam ko namang alam na nya ang sagot.

Paghinto ko sa school nya, hindi kagad sya bumaba.

**"Andito na! School mo na!"** Keiren shouts at him.

**"School ko na?"** Sagot nya at halatang nag-aalangang bumaba.

**"Keigan. Please hurry. Mala-late si Keiren."** I said calmly.

He nodded shortly before opening the car door. Bumaba sya dala ang bag at sinara ang pinto.

He looks so innocent while looking around. Pina-andar ko na ang kotse at dumiretso sa school ni Keiren. Hindi na sya nagsalita pa ng huminto ako. Kusa din syang bumaba at nagmadali sa pagpasok sa school.

Nagmamadali ako dahil gusto kong maka-usap ang buong Section E. Except for her of course. Hindi naman ako nabigo dahil mas maaga akong nakarating sa school sa inaasahan. Mas maaga din ako sa kanya.

Pagdating sa room, halatang kanina pa nila ako hinihintay. Ang hindi ko lang maintindihan ay kung bakit may isang damakmak ng kahon ng pancake mixture sa classroom.

**"What is that?"** Tanong ko ng may iritasyon.

**"Pancakes para kay Jay-jay."** Ci-N answered all smile.

Tinignan ko sila Edrix na parang nag-aabang din sa lulutuin ni Eman.

**"Can we talk about the invitation first?"** Sabi ko sa kanila at tinignan naman nila ko. **"When will it be?"**

**"Mamya!"** Ci-N again answered.

Didn't know they're in a hurry. Baka naman akala nila matatalo kami kung bibiglain nila kami.

**"Sino sa inyo ang sasama?"**

Lahat sila nagtaas ng kamay maliban kay Josh, Mayo at Drew. Tinignan namin sila para malaman ang paliwanag nila.

Nagtinginan muna silang tatlo bago magsalita ang isa sa kanila.

**"Hindi ko kasi makuha kung bakit kailangan nating sumali."** Drew said. **"Bitag lang to. Malakas ang kutob kong may balak sila."**

**"We'll show them who's more stronger."** I explain plainly.

**"Tapos ano?"** It was Josh.

*Then what Keifer?*

Hindi pumasok sa isip ko ang bagay na yon. Anong dapat kong gawin? Pagnatalo ko sila ano? Ano ng mangyayari?

Napabuntong hininga ako. Lumapit ako sa board at humarap sa kanila. Nakuha non ang atensyon nila at hinarap ako.

**"Here's the thing! Pupunta tayo don para ipakita na mas malakas tayo! Defeating them will show who's the real boss!"** Everybody look at each other. **"Gagamitin din natin sila. Making them our allies or our underdogs."**

**"Are you planning to claim Ram's position?"** David ask while crossing his arms.

*Am I?*

Isa sa nga napag-usapan naming plano ang pagkakaroon ng maraming kakampi. Mukang isa na to sa mga susi para sa plano na yon. Having gang members as an allies is not bad. Ang kailangan ko nalang gawin ay pasunurin sila.

And that is by claiming Ram's position as the leader.

But I want more than that. More than an ordinary gang leader. I want something else. Something greater that what Angelo achieved.

**"No. I'm planning to be more powerful."**

**"Suntok sa buwan tong gusto mong mangyari. Alam kong para pa rin to kay Jay-jay pero tingin ko hindi na kailangang sumali dyan."** Mayo said.

**"Mas mabuti kung sasali tayo."** It was Kit. **"Experience din to para satin. Mapapalawak nito yung kakayahan natin. And when the time comes na kailangan tayo ni Jay-jay, alam na natin ang gagawin."**

I saw how Mayo look at Kit. He look worried and doubtful at the same time, but for what?

**"I agree with Kit. Hindi lang naman to basta simpleng Gang war lang ng mga talunang unggoy. We have goals."** Felix agreed and makes everybody nod.

**"Sasali tayo. Tagal ko na ring hindi nasasabak sa laban."** Calix said while cracking his knuckle bones.

**"Baka may girlfriend na mag-aalala."** Parinig ni Rory kay Calix at mabilis naman syang nakakuha ng masamang tingin.

**"Tama na satsat! Basta sasali tayo!"** Kt was Eren.

Napailing si Josh. **"Ano pa nga ba!"**

**"Yey! Payting!"** It was Ci-N while punching his hand in the air.

**"Sa totoo lang nag-aalanganin na ko. Para mas gusto ko nalang sabihin dun sa Angelo lahat."** Drew said that makes me glared at him.

**"Don't you dare."** May pagbabanta sa tinig ko.

Umiling sya kasunod ng pagtalikod samin. Pinili ng iba na bumalik sa ginagawa. Kagaya ni Eman na pinagpatuloy ang pagluluto. Pero sila Felix, Edrix, Kit at Rory piniling manaliti sa tabi ko para pag-usapan ang invitation.

**"Alam na ba ni Yuri to?"** I ask Edrix.

**"Nagtext ako sa kanya pero wala syang sagot."**

Maybe he's with Jay-jay....again. I shook my head and continue talking to them our plan.

Not that long when I saw Jay-jay. She came and followed by Yuri as I expected. Tumingin pa sakin si Yuri bago maupo sa pwesto nya.

While Jay-jay choose to listen to music using her headset. Pero hindi lang yon ang ginagawa nya. Meron syang katext! I can see her typing a message to whomever demon it is.

*Stop texting! Who are you texting?!*

Hindi ko gusto tong nararamdaman ko. Gusto kong malaman kung sinong katext nya. Is it a guy? When did she start to have a textmate? Kakapalit lang ng number nya! Ang bilis naman yata nyang makakuha ng bagong katext.

*Damn this feeling!*

**"Pakatitig baka matunaw."** Parinig ni Felix habang kuwaring nakatingin sa ibang direksyon.

Narinig ko ang mahinang pagtawa nila Rory, Kit at Edrix. Gusto ko silang itulak paalis sa tabi ko.

Pero mas gusto kong kuhanin ang cellphone ni Jay-jay. Kahit may kalayuan ako sa kanya I can see the light flickering because of incoming text message.

*I said stop texting!*

Kinuha ko ang phone ko mula sa bulsa. Balak ko sana syang tawagan pero para saan? She'll find out that I know her number. Magpapalit na naman sya pagnagkataon. Magtataka din sya kung bakit inalam ko pa ang number.

I have to make up another story. Another reason for her to hate me.

*Stop texting whoever that person is!*

I grip my phone. Hindi ako makapaniwala na nagkakaganito ako ng dahil lang sa katext nya. Kung hindi lang kasi nya binato ang dating phone nya. May access pa sana ako at makikita ko kung sinong katext nya.

I can't believe I'm going through this. Hinarap ko ang phone ko at nagtype ng message.

**To:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *My life.*

Kita ko ang pagtitig nya sa phone nya bago magreply. Mukang nakuha ko na ngayon ang atensyon nya.

**"Luto na ba yan? Penge kami."** Dinig kong sabi ni Felix at lumapit silang lahat kay Eman.

Naiwan akong mag-isa. Mas maganda yon dahil walang makaka-istorbo sakin.

**From:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *wrung cind ka.*

I smile while reading her text message. She really like messing with her words through text.

**To:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *Jasper Jean Mariano*

Kita ko ang pagtataka sa kanya. Lumingon pa sya dahilan para itago ko agad ang phone ko. Mukang hinahanap nya ang posibleng nagtetext sa kanya. Nang walang mapansin pinaka-titigan nya ulit ang cellphone.

Mabuti nalang at naisip kong bumili muna ng bagong phone at sim card kagabi. Balak ko talaya syang tawagan gamit ang bagong number dahil baka pamilyar na sa kanya ang dati kong number at hindi nya sagutin.

Minabuti ko ding bumili ng phone para hindi magtaka si Keigan kung bakit papalit-palit ako ng number.

**From:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *hu u?*

Message nya sakin at pasimple akong nagtype ng isasagot sa kanya.

**To:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *You're my everything.*

Hindi na nya nagawang magreply dahil lumapit na si Ci-N sa kanya habang may hawak na plato na may pancake.

Napabuntong hininga ako. Kinuha ko ang pagkakataon para lagyan ng password ang phone. Nakatulugan ko na kasi to kagabi kaya wala pa kong naaayos o nailalagay maliban sa phone number ni Jay-jay.

**"Ayoko nga sinabi!"** I heard her shout.

Kita ko ang paglipad ng plato at pancakes sa ere hanggang sa malaglag yon sa sahig. Natahimik ang lahat at napatingin sa kanila.

**"O-okay lang... K-kukuha nalang k-kita ng bago."** Ci-N said while trying to hold his tears.

He even force a smile but that doesn't stop her tears.

**"Itigil mo na to! Hindi ka ba nakaka-halata?! Hindi na tayo babalik sa dati kaya sumuko kana!"** Jay-jay shouts again.

Gusto kong lumapit sa kanya para patigilan na sya pero maling hakbang yon lalo na sa sitwasyon namin.

**"Jay-jay."** David stop her but she just glared at him.

Suddenly, we heard someone subbing. Napatingin ako kay Ci-N na nakayuko at pinupunasan ang mga mata.

I feel sorry for him. Nahihirapan sya ngayon ng dahil sa kalokohan namin—ko. Naging matigas na si Jay-jay kahit sa kanya.

**"B-bakit? Bakit a-ako susuko?"** He look up to face her. **"...sumuko kaba non nung pinagbintangan akong magnanakaw? Sumuko ka ba non kay Calix at Mica, kay Denzel at Grace? Kay Drew? Sinukuan mo ba ang isa samin?"**

I saw how Jay-jay avoid his gaze. Naaapektuhan sya! She's still there! My soft hearted, hard headed and fist fighter Jay-jay is still there!

*That is a good sign!*

For some reason I feel bliss. Para akong ginanahang ituloy ang mga plano namin. Gusto kong madaliin ang mga yun bago pa mawala ng tuluyan ang mahal ko.

**"...Kaya wag mo ko sasabihan ng sumuko! Kasi hindi mo ginawa samin kaya hindi ko din gagawin sayo."** Ci-N added. **"...Dyan ka lang! Kukuha ulit ako ng Pancake."**

He walks toward Eman. Lahat sila tinapik sya sa braso bilang pagbati at para sabihin na proud sila sa kanya. Kaso naging mabilis si Jay-jay. Nakalabas kagad sya ng room ng hindi napapansin ng iba.

**"Ako lang ba o parang naging mas matigas pa sya?"** Yuri said.

Nag-oobserba lang din sya kagaya ng ginagawa ko. Nagkibit balikat lang ako bago maupo sa pwesto ko.

**"Sinong katext mo kanina?"** He asks.

I shook my head. **"Nothing important."**

He nodded shortly. **"About last night. Are you really giving up Jay-jay?"**

**"Let's not talk about it anymore."**

Hindi na sya nagsalita pa pero ramdam ko ang pagtitig nya sakin. Nag-oobserba na naman sya at inaalam kung anong magiging reaksyon ko sa tanong nya.

So hard to have an observer friend.

Not that long when Sir Alvin came. Pumasok na rin si Jay-jay pero hindi man lang nya tinignan si Ci-N na katabi nya. Hindi ko na napansin kung sinong naglinis ng mga kalat sa sahig.

Hindi ko maiwasan na hindi sya tignan. Ginagawa nyang outcast ang sarili nya.

I release a heavy sighs.

Halos buong umaga na hindi sya lumilingon sa parte namin. Lumalabas sya kapag nag-c-cr pero pagkatapos non wala na syang gagawin.

Ci-N tries to catch her attention but she's obviously not interested.

Hanggang sa mag-lunch time na. Aayain na naman sana nila sya sa kumain dito pero mabilis syang naka-alis.

*So slick.*

**"Si Kuya na naman kasama nyan."** Felix said while helping Eman.

**"At least someone is feeding her."** Yuri said before standing up.

Karamihan sa kanila lumapit kay Eman para kumuha ng pagkain. I choose to stay. I'm not really in the mood to eat anything.

I want to ready my mood. Mahaba pa ang oras para mamaya pero gusto ko ng padikitin ang muka nila sa kamao ko.

*Relax Keifer. You'll have your chances.*

Ipinikit ko ang mata ko at ang muka nya ang una kong nakita. Her eyes, full of pain ang misery. Gusto kong hawakan ang muka nya para punasan ang mga luha nya.

But I'm scared that I will cause her another pain. Pakiramdam ko may tinik ang mga kamay ko na kapag humawak sa kanya ay masusugatan na naman sya.

I would take that chance. If holding her means of hurting her then I will do everything to ease it. If I need to cut my hands just to be with her then I will cut my whole arms.

**"Keifer!"** Someone called me.

I open my eyes to look who it is. All of them are looking at me like I said something weird.

**"What?"**

**"Tang'na! Nag-wet dreams ang gago!"** Sigaw ni Rory at nagtawanan silang lahat.

Nangunot ang noo ko. I did what?! Hindi naman ako natulog kaya bakit ako mag-w-wet dreams. May sinabi ba kong hindi maganda?

I look at Yuri whose currently grinning. **"Did I say something?"**

**"You moan and say her name."** He gave me a disgusting look. **"... you're gross."**

**"I am not wet dreaming. I'm just resting my eyes while thinking about something."** I explained.

He shook his head while still grinning. They continue eating while talking about me. Hindi ko mapigilang hindi mairita sa kanila.

Nagbaba ng plato si Yuri sa harap ko. Puno yon ng kanin at ulam. I arch a brow at him.

**"Eat. Kailangan natin yan para mamaya."** He said and smile.

**"Wala akong gana."**

**"Kapag nabugbog ka mamaya, hindi kita tutungan."**

**"Then don't. Hindi rin naman ako mabubugbog kaya hindi kita kakailanganin."**

He laugh shortly. **"Para saan ba talaga ang pagsali natin mamaya?"**

**"To show who's the real boss. Maganda ring pagkakataon yon para tigilan na ko ng mga naka-away natin dati."** *Para tigilan na nila si Jay-jay.*

**"Sana nga magawa mo. Maganda din yon para tigilan na nila si Jay-jay."** He said while looking at me straight in the eyes.

Hinuhuli ba nya ko? Hindi ako makapaniwala na hindi pa rin sya naniwala sa mga sinabi ko kagabi. Now I'm hating his ability.

Napilitan akong kumain para maging busy at hindi na nya kulitin. Sobrang bigat ng pakiramdam ko at habang umaandar ang oras lalong bumibigat yon.

Gusto ko ng matapos ang araw na to. Gusto ko na silang pabagsakin.

Halos na tapos na kaming lahat kumain ng pumasok si Jay-jay sa room. Kasunod nya si Percy.

*What now?*

Para syang may hinahanap at bumagsak ang tingin nya kay Ci-N na nasa harap lang nila. Napansin ko ang biglaang pag-iwas ni Felix. Lumipat pa sya ng pwesto.

**"Problema mo?"** Dinig kong tanong ni Eman sa kanya.

**"Magka-away kami nyan. Baka sermonan na naman ako nyan kapag nakita ako."** Felix explained.

Binalik ko ang tingin sa harap kung nasan ang tatlo. Nag-aaway ang dalawang isip bata ng dahil sa gustong maupo ng isa sa tabi ni Jay-jay.

Knowing Ci-N, who won't let Percy win. Patuloy sila sa pagtatalo. Until...

**"Kulit nitong panget na to! Supot naman."**

Yup! Ci-N won just like that. Mahina akong napatawa kasabay ng mga buong Section e na nakikinig din sa kanila.

**"Panget daw ako tsaka supot! Papatulan ko talaga tong bata na to!"** Sumbong ni Percy kay Jay-jay.

She obviously doesn't care. Iniwan lang nya si Percy at naupo sa pwesto nya.

I took my phone out of my pocket and stared at her number for a while. I badly want to text her but I don't want to be too obvious.

Pinindot ko yung message sa tabi ng name nya. I compose a message but ended up of deleting it. I type again and again and deleting it at the end.

Gusto kong ihampas yung cellphone ko. I'm hopeless. Maybe a blank message will be a good start. She will respond and she will start the conversation.

I click send without hesitation but immediately regret it. Sinong timang ang magse-send ng blank message at mag-expect ng reply?

*Maybe me.*

At tama nga ako. She ignore my message! Nataranta ako at nagtype nalang ng message. And sending it without double reading it.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *ILoveYou my Everything...*

*What a dimwit?!*

I type what exactly is in my mind. On the bright side, she responded.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Gunggong!*

*So sweet.*

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *I'm not Gunggong but maybe an Ulupong.*

Agad kong tinago ang phone ko ng mapansin ang paghahanap nya. I can senses her irritation.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Cno kb? Tiglan mo na ko, hnd ka nkktuwa.*

Whats '*cno kb*'? I can't understand her words. Is this what they called Jejemon? She have the same style with Tiger. It's annoying to read.

I keep staring at her text message. I try ro read it and release a heavy sigh when I finally understand it.

I compose a message. Maybe a little clue.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *I'm ur saviour. I saved you from your kidnapper and claim my price at the same day.*

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Ulowl men!*

*So sweet!*

Keep cursing, I'm putting it in my list. Profanity.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *I miss ur lips. Can i claim it again?*

I know she's pissed.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *The fvck! Cno kba tlga?*!

Again! Profanity.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *I told u. I'm ur saviour. I save you while you were blindfolded.*

Come on! It was so easy. Every clue that I'm giving her is pointing at me.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Ikw yng humlik skin?*

*Yes I am!*

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *u got it right.* 😉

**"Keifer..."** Yuri called me and I look at him. **"Bakit ka ngumingiti mag-isa?"**

*Oh fvck!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 279

**A/N:** Sinong may sabi na si Keifer ang nakakatuluyan nya?

Tinatanong ko lang.

Grabe! Umaabot na pala ng 3.5k to 4k words ang nagagawa ko per chapter. Kaya pala parang mas tagal ko matapos ang bawat isa.

**Happy Birthday!**

Ci-N Peralta
Mark Keifer Watson

Sorry sa wrong grammar and typo.

**Gang and a war**

***Keifer's POV***

**"Ang papangit nila."** Eren said.

**"Bakit mga naka-ayos sila ng ganon? May dress code bang sinusunod kapag sasabak sa Gang war?"** It was Denzel.

**"Gusto ko na kumain!"** Ci-N while hugging David.

**"Layo..."** David trying to push Ci-N away.

**"Ganito ba talaga kapag Gang war? Wala kong clue! Para tayo nag-gate crash sa isang party!"** Edrix said.

**"Mga walang alam sa Gang war!"** It was Blaster.

Saming lahat, si Blaster at Drew lang yata ang nakasabak na sa ganito. We're all clueless on what will happen next. Hindi naman kasi ako ganito makipag-laban.

Hinaharap ko lang yung mga taong gusto akong kalabanin.

**"Nasa more than 120 ang bilang ko sa kanila."** Josh said still trying to count them all.

Kakaunti kumpara sa laging kasama ni Ram kapag may ganitong laban. Maybe because some of them don't really like to be in his group.

Bukod samin, may ibang grupo pa na gustong hamunin ang bagong leader nila. Kaya kung aalisin pa sila sa bilang nasa kulang 60 lang ang natira sa dating grupo ni Ram.

**"Bago tayo magsimula!"** Sigaw ng isang lalaki habang may hawak na baseball bat. **"Gusto kong malaman nyo ang sinagot sakin ni Watson sa imbitasyong pinadala ko!"**

Kung hindi ako nagkakamali, eto yung bagong leader nila. Hindi ko pa sya nakikita. O baka naman nakaharap ko na pero hindi ko lang maalala.

Lahat ng taong nandito ay tumingin samin. Mostly at me. They look at me like a predator to its prey.

**"Sinabi nya na sya daw ang tunay na Boss! Na kapag natalo tayo sa kanila! Magiging tuta nila tayo! Sunod-sunuran sa kanila!"** Paliwanag nya at nagtawanan ang iba sa kanila.

**"KALOKOHAN!"** Sigaw ng isa sa mga kasama nya.

**"BALIW KA NA! SI RAM LANG ANG KAYA MONG TALUNIN!"** Dagdag ng isa pa at nagtawanan na naman sila.

Si Ram lang? Minamaliit nila ko masyado. They keep talking as if they know me. When in reality they never a had chance to try me. At ngayon ko papatunayan na mali sila.

**"Pagbigyan naman natin!"** Sabi ng bagong leader nila at tumahimik ang lahat. **"...Papayag kami sa kasunduan na yan! Pero kapag natalo ka, ikaw ang magiging sunod-sunuran samin!"** Sabi nya habang nakaturo samin. **"At sa amin ang babae mo!"**

Agad na nagdilim ang paningin ko sa sinabi nya. Hindi ko namalayan na nasa harap na nya ko at sakal-sakal ko na sya. Naglayuan din ang kaninang mga katabi nya.

**"Don't you dare mention her."** I said in growling voice.

Nakarinig ako ng pagsipol. **"Woah! Mukang hindi totoo yung balita na ginamit mo lang yung babae!"**

"*Ginamit nya? Ang lupet talaga ni Watson!*"

"*Baka naman sila talaga?!*"

"*Sino ba nagpapakalat ng tsismis na yan?*"

"*Edi grupo nyo! Mga gunggong!*"

"*Tarantado! Grupo nyo yon!*"

"*Kalalaki mong tao tsismoso mo!*"

Binitiwan ko ang bagong leader nila ng mapansin kong malapit na syang malagutan ng hininga. Masyado akong nagiging obvious.

Kanya-kanya na ng turuan at palitan ng masasakit na salita. Hanggang sa may nagbatuhan na ng malalaking tipak ng bato. Meron na ding nagsuntukan at meron na ding naghampasan ng kung anong bagay na madampot nila.

Bahagya akong napa-atras ng iwasiwas ng kaharap ko ang hawak nyang baseball bat. Binitiwan nya yon at naglabas ng balisong. Pina-ikot nya pa yon bago subukang isaksak sakin.

Tinabig ko lang ang kamay nya kasunod ng pagsuntok sa kanya.

*That's all?*

Nagsimula na ang rambulan. Kanya-kanya ng takbuhan, habulan at sigawan kasabay ng palitan ng suntok.

Mabilis na nawala sa harap ko ang kaaway ko ng bigla nalang magpang-abot ang dalawang grupo malapit sakin. Hinarap ko ang Section E na nakatingin lang sa nag-aaway. Nakangiti pa ang Ci-N habang pilit pinapakalma ang sarili.

*Obviously excited to punch someone.*

**"Do me a favor! Show no fvcking mercy!"** I shouts to them and they all grin like a child ready to play with their new toys.

**"Rambulan na!"** It was Ci-N.

Nakihalo na rin sila sa mga nagsusuntukan. Kanya-kanya ng habol sa kung sinong target nila. Pilit ko ring hinanap ang pekeng leader na yon. Pagbabayarin ko sya sa sinabi nya kanina.

Habang patuloy sa paghahanap, panay naman ang sugod sakin ng ilan. Hindi na ko nagsayang ng oras sa kanila. Pinapatulog ko nalang sila sa isang suntok o kaya sa pagbalibag sa kanila sa ere.

Nahirapan akong hanapin ang isang yon. Nakita ko syang nakatago sa likod ng patong-patong na yuping kotse.

**"How did you become their new leader? You did nothing but hide."** I said while walking toward him.

Kita ko ang takot sa kanya habang unti-unting lumalayo sakin. Napa-upo sya ng hindi mapansin ang likuran at matisod sa nagkalat na bakal. Hindi ko talaga maintindihan kung pano sya kinilalang leader ng mga yon.

**"H-hindi ako leader nila."** Sabi nya na nagpahinto sakin. **"...Inutusan lang a-ako ni Ram."**

My forehead crease. **"What do you mean?"**

**"H-hinahanap nila y-yung babae mo. Sinabihan lang n-nila ko na agawin ang atensyon mo!"**

*What the fvck?!*

Hindi na ko nagpigil pa at agad syang hinatak patayo. Sunod-sunod ko syang sinikmuraan at nang bitawaan ko sya, napaluhod agad sya.

Panay ang ubo nya habang sapo ang tyan. Gusto kong baliin ang leeg nya pero may mga bagay pa kong gustong malaman.

Alam kong nakauwi na si Jay-jay at nasa puder na sya ni Angelo. Kampante ako na walang mangyayari sa kanya.

**"Anong balak ni Ram?"** I ask with authority.

**"H-hindi ko alam!"** Sigaw nya kasunod ng malalim na paghinga.

**"Anong balak nya?"** Tanong ko ulit.

Marahas syang umiling. **"Hindi ko talaga alam!"**

Tinuhod ko sya sa muka. Napahiga sya habang ini-inda ang dumudugong nguso at ilong.

**"Asan si Ram at anong balak nya?!"**

Paulit-ulit syang umiling kahit halatang hirap ng huminga.

**"M-maniwala ka... Hindi k-ko talaga a-alam!"**

Fvck this! Wala akong mapipiga sa taong walang alam.

Napatingin ako sa limang lalaking palapit sakin. Pare-pareho silang may dala na sa tingin ko ay para sa akin.

Ang isa ay may baseball bat, ang isa ay tobo, ang isa naman malaking tipak ng bato, balisong naman sa isa at ang isa naman kamao nyang may brass knuckles.

**"Ang utos ni Ram, patayin si Watson at dalin ng buhay yung babae!"** Sigaw ng isa sa kanila.

Sumugod ang dalawa sakin matapos akong batuhin nung isa. Pare-pareho ko silang iniwasan pero sa huling hataw ng tubo sinalag ko na yon at nakipag-agawan sa kanya. Hindi nya binitawan kaya naman ng hahampasin ako ng isa ng baseball bat, hinatak ko sya ng sobrang lakas para sya ang tamaan.

Hindi naman ako nabigo dahil nawalan ng malay yung isa matapos tamaan sa ulo. Nataranta yung may hawak ng baseball bat at hindi alam kung anong sunod na gagawin.

Sumugod sakin yung may hawak na bato—meron na naman syang hawak na panibago. Ihahampas nya sana sakin yon pero hinataw ko ng tobo ang bato dahilan para madurog yon sa mismong muka nya. Napapikit sya at agad ko syang sinipa sa dibdib.

Binalikan ako ng may hawak na baseball bat. Walang tigil sya sa paghampas habang paulit-ulit na sumisigaw. Puro iwas lang naman ang ginagawa ko. Hingal na hingal na sya at ng bumagal ang galaw nya tsaka ko sya sinuntok sa tagiliran. Naramdaman ko pa ang pagkabali ng tadyang nya.

*Can I have someone else?*

Napansin ko ang pagtitinginan nung dalawang natitira. Tinaas ko ang dalawang kamay ko para ipakitang wala akong kahit na kahit anong armas. Mabilis na sumugod sakin ang dalawa pero hindi ako ganun katanga para itaas ang mga kamay ko ng walang laban.

Ginamit ko ang pagkakataon para hawakan sa pulsuhan ang may hawak ng kutsilyo at hatakin sya para gamiting panangga. Dahil sa brass knuckles na gamit nya naging masakit ang pagtama non. Dinig ko ang pagtunog ng buto nya.

Pabato ko syang binitawan at hinarap yung lalaking may brass knuckles. Pumorma sya at ganun din ang ginawa ko. Sinubukan muna nya ko sa pagpapakawala ng suntok pero masyado syang mabagal.

One punch in the face and another one through his jaw. Knockout!

That's all? Wala ba silang maihaharap sakin na mas malakas.

Binalikan ko yung pekeng leader ng grupo ni Ram. Nakatakas ang tarantado! Mabilis ko syang sinundan kung saan-saan. Hindi ko mahanap kaya naman napilitan akong bumalik sa pinanggalingan ko.

I finally saw him. Mukang tinaguan lang ako ng walanghiya. Pilit nyang pinapatayo yung mga nakabagsak na lalaki.

**"Tumayo nga kayo! Iisa lang yon pero hindi nyo pa na kaya!"** Galit na sabi nya.

**"T-tawagan m-mo si R-ram. Manghingi k-ka ng backup."** Sagot nung isa na pilit bumabangon.

**"Hindi sya sumasagot! Umalis nalang tayo dito!"**

Napangiti ako. Iniwan na sila sa ere ni Ram. Mukang pinadala lang talaga sila para agawin ang atensyon ko.

**"Tss... So Ram doesn't really care at all."** I said and he turn around to face me.

Nanginginig pa sya habang pilit tinututok sakin ang tubong gamit ko kanina. Pilit tumabi yung iba sa pag-iwas sakin. Merong hindi na nakatayo pa.

**"Brace yourself. I'm about to brake your bone."** I said and walk fast toward him.

Sinubukan nya pa ihampas sakin ang tubo pero nasalag ko lang yon kagaya kanina. Inagaw ko yon sa kanya at binato sa malayo.

**"M-maawa ka! Napag-utusan l-lang ako."** Sabi nya at lumuhod sa harap ko.

Mabilis kong hinablot ang pulsuhan nya.

**"Wag kang magkakamaling banggitin ang babaeng yon sa kalokohan mo. Akin sya at pagma-may-ari ko sya. Walang ibang pwedeng umangkin sa kanya."** I said while gripping his wrist.

**"P-patawarin m-mo ko! Kung g-gusto mo... Tutulong ako s-sa pag-papa-alis ng mga nagtatangka s-sa k-kanya. Kagaya ng m-mga bantang p-pinapadala—aaarrggghhh!"** Sigaw nya matapos kong higpitan pa ang pulsuhan nya.

**"I don't need your help! Matapos mong magsalita ng ganun tungkol sa kanya! Tingin mo magtitiwala ako sayo?!"**

Hindi na sya nakasagot pa dahil sa pag-iyak. Mas hinigpitan ko pa kasunod ng pagbaluktot ng pulsuhan nya.

**"Keifer..."** Someone called me.

I slightly turn to look who it is. It was Yuri with Rory and Edrix.

**"Andito si Jay-jay."** He said.

*WHAT?!*

Mabilis akong na-alarma. Nagtagumpay ba si Ram? Nakuha ba nya si Jay-jay? How did it happened?

**"Who brought her here?!"**

**"It was Kuya Percy."** It was Felix walking toward us.

I feel a bit relief but she should not be here. Bakit ba sya dinala ni Percy dito? Mukang sya pa ang magdadala kay Jay-jay sa kahapamakan.

Napatingin ako sa paligid ko. Hindi ako nasisiyahan sa mga napabagsak ko.

**"Tell me... How many did you defeated?"** I ask without looking at them.

Nakarinig ako ng ilang yabag. Mukang dumating na ang ibang wala dito kanina.

**"Marami-marami din."** Felix answered.

**"And how many is that?"**

**"Mga n-nasa mahigit sampo."**

Mahigit sampo? Bullshit! Hindi yon sapat! Pano ko matatakog samin ang iba kung ganon lang karami ang napabagsak namin sa isang laban.

Napatingin ako sa lalaking hawak-hawak ko pa rin pulso. Tinuloy ko na ang kanina ko pang balak. Pinalipit ko ang pulsuhan nya at ramdam ko ang pagbali ng buto nya kasabay ng pagsigaw nya.

*This is my warning!*

Pero kulang pa to! Kulang na kulang lahat ng to!

**"FVCK! This is not enough!"**

**"Anong '*not enough*'? Keifer... Kalahati na ng mga Gang ang napabagsak natin. Ano pa bang kulang?"** It was Felix while pointing at the people whose lying on the ground.

Just a half? Muka na bang sapat ang kalahati? That will never be enough. Angelo can defeat more than this. Ilan lang sila non? 8 or 9? Yet they can still defeat more than this.

Lalo lang nag-iinit ang ulo ko sa ideya na yon.

**"Do you think this will make us strong?! Ha?! Do you think this is enough?!"**

**"Anong gagawin natin? Salihan lahat ng Gang war dito satin?"** Edrix said with irritation and it makes me look at him in furious.

**"If that's the only way, then we will."**

**"Dinadagdagan mo lang ang ka-away mo! Manghingi ka ng tulong dun sa pinsan ni Jay-jay. Mas marami syang koneksyon."** It was Josh.

No! I will never ask help from him.

**"Hindi pwede. Ilalayo nya si Jay-jay satin kapag nagkataon."** Yuri said.

He knows exactly what going to happen of we talk to Angelo.

**"Edi maganda!"** Drew shouts. **"...para masiguro nating ligtas sya."**

Yuri and I both look at him like we're about to kill him. Matagal na naming napag-usapan ang bagay na yon pero pilit pa rin nilang isinasama sa usapan.

**"Oh ba't ganyan kayo maka-tingin?! Takot kayong mahiwalay si Jay-jay no?!"** He asks as if he doesn't know the asnwer. **"...gagawan nyo ng kalokohan tapos ngayon magkaka-ganyan kayo!"**

Talking like he did nothing to her. Kasama kaya namin sya. Hindi kaya pinapalayo lang nya si Jay-jay para hindi sya masingil ss utang nya.

Mabilis syang sinugod ni Yuri at hinawakan ang kwelyo nya.

**"Shut up, Drew."** He said.

Napansin ko ang pagtingin nila sa ibang direksyon at parang nakakita ng multo. I turn to look and I saw my Jay-jay with Percy.

*It's true that she's hear.*

Ano namang pumasok sa isip nya at nagpunta sya dito? Bakit sya hinayaan ni Percy na sumama? Hindi yata maganda na naging relatives ang dalawa na to. Pareho pa naman silang matigas ang ulo.

I try my best to no show no emotion. But I really badly want to hug her now. I miss her so bad kahit halos araw-araw naman kaming nagkikita.

**"J-jay? K-kanina pa kayo dyan?"** Felix asks while looking both Jay-jay and Percy.

I can see anger in Percy's eye. Mukang may takot pa rin si Felix sa kanya. Now I know why they're here.

**"Ito ba pinagkaka-abalahan mo?"** Percy ask calmly but I can still sense his anger.

Felix obviously don't want to answer so his brother turn to us.

**"Eto ba tinuro nyo sa kapatid ko nung wala ako?! Tinuruan nyong sumali sa patayan?!"**

Both Yuri and I look at each other. I don't want any drama. Usapan nilang magkapatid yan. Minabuti kong tumalikod at ganun din si Yuri para sana umiwas pero napatigil ako ng marinig ang boses nya.

**"Wag nga kayong bastos!"**

I feel a bit of pain. Hindi ko alam kung bakit pero nasasaktan akong marinig ang boses nya. Maybe because I miss her too much.

I choose not turn to face her. I can't—I might loose control and run to hug her.

**"Jay—."** It was Yuri but cut by Percy.

**"Damn it, Yuri!"**

*Ayoko ng patagalin to!*

**"Your brother has his own mind. Turuan man naman sya, nasa sa kanya na kung sasama sya samin."** I said still not facing them.

Out of nowhere I suddenly feel weird. Something like someone is watching us. But this is no ordinary. Hindi maganda ang kutob ko.

*Si Jay-jay.*

Percy continue arguing with Felix. I try to look around without them noticing. And as I look Jay-jay, there it is! Someone is aiming for her.

Mabiling kong hinakbang ang mga paa ko at kasabay non ang pagsugod ng isang tao sa kanya na may hawak na kutsilyo.

**"P-PERCY!"** Sigaw nya at lahat sila lumingon.

But they're too slow to run for her. Adrenaline runs through my body. Sa isang iglap nasa harap na ko ni Jay-jay hawak ang lalaking magtatangka sa kanya sa leeg at sa kamay kung nasa ang panaksak nito.

Hindi ko alam kung saan nang-gagaling ang lakas ko but I'm ready to break a neck.

**"Who the fvck are you?!"** I ask furiously.

Sa halip na sagutin ako, tinawanan lang nya ko at lalong nag-init ang ulo ko. Hinigpitan ko ang pagkakahawak sa kanya kaya ang tawa nya ang naging pag-inda sa sakit.

**"What the hell do you want?!"** I ask again.

I saw her eyes to turn to my side where Jay-jay is.

**"We... Want... Her... Dead."**

*Who's that we?*

Sino-sino ang mga yon at bakit sya ang target nila?

**"Who?! Who wants her dead?!"**

He again laugh at me. Fvck! He still can laugh while seeing me livid.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko at pinalipit ang pulsuhan nya. I heard his bone cracked and he starts to shout with agony.

I let him go and watch him suffer. Ayoko sa mga taong hindi ako binibigyan ng magandang sagot.

**"Kasalanan mo to!"** Jay suddenly shouts. **"...Ako na naman ang puntirya nila! Dahil na naman sayo!"**

Baka nga. Baka nga ako ang dahilan. Ako lang naman ang maraming kaaway na konektado sa kanya.

Narinig ko na naman ang malakas na pagtawa ng lalaking to sa harap ko. Pinag-iinit talaga nya ang ulo ko.

He's maybe out of his mind. Hawak-hawak ang pulsong binalian ko pero patuloy pa rin sya sa pagtawa.

**"Si Sato."** He said and look at Yuri. **"Si Jason."** He look at me. **"at si Ram."** He look at Jay-jay.

Hindi pa ba sapat ang pagbabanta ko. Talagang nagsama pa sila para lang pagtangkaan si Jay-jay.

I know Jason really up to something. Wag lang syang magkakamaling magpakita at susunugin ko ang motor nya sa harap nya.

Ram can't move on from what Jay-jay did to him. Hindi matanggap na babae ang nagpabagsak sa kanya. Kung alam nyang may mali kay Jay-jay nung mga oras na yon baka lalo syang mabaliw sa galit.

Sato. Who the hell is he? Wala akong nakakaharap na Sato ang pangalan—kung pangalan nga yon.

**"Sinong Sato?!"**

**"Keifer."** Yuri called me. **"Naka-laban ko sya dati at mukang binabalikan na nya ko."**

WHAT?! Bakit si Jay-jay din ang pinupuntirya nya?

This is not fvcking good! Mas dumarami ang kalaban kesa sa kakampi ko. Lahat sila si Jay-jay ang puntirya. Saan ba ko nagkamali?

Rumors about us are already spreading like a wild fire. Dahil ba nagpakalat din ako ng babala? Pero kung hindi ko naman gagawin yon babalik-balikan sya ng mga yon. Wala na ring saysay kung maniwala sila na girlfriend ko sya o hindi.

*They have to stop!*

**"Bumalik ka. Bumalik ka kila Sato, Jason at Ram. Sabihin mong ako ang balikan nila at paghahandaan ko sila."** Utos ko sa kanya.

I hold myself before I break another bone from his body.

**"Hindi ko alam na ganito ang nangyayari dito. Wala akong choice."** It was Percy.

He look at Jay and Felix. **"Sasama kayo sakin pabalik ng New York."**

*NO!*

Hindi pwedeng umalis si Jay-jay. Pano kung dun naman sya puntahan ng kalaban? Hindi pwedeng mangyari ang gusto ni Percy.

I won't let him take her. Magkakasubukan kami.

Tinignan ko si Percy na may pagbabanta pero inirapan lang nya ko.

**"Tara na! Uuwi na tayo!"** He called Felix.

Pero hindi naman sya gumagalaw ang tumingin pa sakin.

**"Mauna ka na! Kaya ko umuwi mag-isa!"** Felix answered.

Halata ang pagka-pikon ni Percy pero wala syang magawa. Napilitan syang umalis pero nag-iwan pa sya ng masamang tingin samin. Jay-jay followed him. Bakas sa kanya ang pagkabigla sa nangyari.

Kailangan kong masiguro na walang mananakit sa kanya at hindi rin sya mailalayo ng step brother nya.

**"David. Kindly check if they'll leave this place safely."** I said.

Walang reaksyong umalis si David para sundan sila Jay-jay.

**"Keifer."** Someone called me.

Nilingon ko yun at nakita ang duguang leader ng isang grupo na nakalaban ko dati. Hindi nito maihakbang ang isang paa at halatang hirap na din.

Kasunod nya ang ilan sa mga kasamang sugatan din kagaya nya. Lumapit sya sakin pero hindi na nakayanan at bumagsak na sa mismong harap ko.

**"M-makipag-kasundo ka s-samin!"** He said while pointing his finger at me.

**"What for?"**

**"Handa k-kaming maging tau...han mo. B-basta tutulungan mo k-kami ka...pag kami naman a-ang nangailangan."**

Sa dami ng nakalaban nila, masasabi kong matibay din sila. I smirked while looking at them. Mga kagaya nila ang kailangan ko.

**"Deal."**

Kanya-kanya nya ng bagsak ang mga kasama nya para magpahinga.

**"Keifer, anong gagawin natin sa mga napabagsak?"** Yuri ask me.

**"Leave them. Masyado silang mahina at hindi ang kagaya nila ang kailangan natin."**

**"Pano yung mga nakaligtas na kagaya nila?"** Felix said while pointing his fingers to somewhere.

Sinundan ko yon at palapig samin ang ilang kalalakihang halatang hinang-hina na. Duguan pa ang iba sa kanila.

**"H-hinahamon kita... WATSON!"** Sigaw ng isa sa kanila at sumugod sakin.

Mahinang sipa lang sa dibdib nya ang binigay ko. And he fall like a dead body. Wala na ring lakas ang mga kasama nya.

**"Kung hindi ka makikipag-kasundo kagaya ng iba, bumalik ka na sa pinang-galingan mo at wag kang magkakamaling banggain ulit ako."**

Tinalikuran ko sya at naglakad palayo. Wala akong planong hintayin na magising ang mga pinabagsak ko para makipag-kasundo.

Marami akong dapat na gawin. Isa don ang pigilan si Percy sa balak nya.

**"Umalis na tayo. Help those who needs help."** I said to them before leaving.

Yuri immediately followed me after.

**"Anong balak mo?"** He ask me before grabbing my arm to stop me.

I took my phone inside my pocket and dial his number. Gamit ko ang orihinal na phone ko.

**"I'm calling Angelo. We need to stop Percy."**

Few phone ringings and he answer my call.

**["*Keifer...*"]**

**"Percy is up to something. Hindi sya bumalik para lang makipag-kamustahan!"** I said in a hurry.

**["*Tell me everything.*"]** He calmly said.

**"Balak nyang tangayin si Jay-jay!"**

Dinig ko ang mahina nyang sunod-sunod na pagmumura.

**["*Find him now!*"]** He said and ended the call.

Kung hindi ko mapipigilan si Percy, hahanap ako ng magpapatigil sa kanya. Hindi ako papayag na ilayo nya sakin ang babaeng mahal ko.

**"We need to find Percy."** I said to Yuri and we both get into our car.

Madiin ang tapak ko sa gas para lang mahanap ang hudlong na yon. Ilang beses ko din syang tinawagan pero wala akong nakuhang sagot.

Wag lang syang magkakamali at malilintikan sya sakin. Hahanapin ko sya hanggang kabilang buhay at dun ko sya papatayin ng paulit-ulit.

Malamang na hinatid nya si Jay-jay pauwi. Lilikod na sana ako pabalik papunta sa subdivision nila ng makita ko ang kotse nyang dumaan sa tabi ng kotse ko. Mabilis kong tinapakan ang gas para habulin sya.

Pero mukang walang napapansin ang bugok na yon dahil sa lakas ng music nya. Hanggang sa lumiko ang kotse nya sa isang kanto na pamilyar sakin. Papunta sya kila Felix!

Agad kong hinarang ang kotse nya gamit ang kotse ko. Malakas ang naging busina nya dahil sa ginawa ko.

**"Hoy! Problema mo?!"** Inis na sigaw nya sakin.

Mabilis kong tinext si Yuri at Angelo tungkol sa location namin. Bumaba ako at agad na hinarap si Percy.

**"I won't let you take Jay-jay away from us."** I said in a threat tone.

**"How can you stop me?"** Mapang-inis na tanong nya.

**"By hook or by crook."**

**"Wag mo kong pigilan. Karapatan nyang makita ang Papa nya."**

**"Pero hindi pa ngayon. Hindi pwede ngayon na may nagtatangka sa buhay nya. What if they followed her there?"**

Umiling sya. **"Tingin mo hindi ko sya kayang protektahan."**

Napatingin kami sa dalawang sasakyang bagong dating. Mabilis na bumaba si Angelo at agad na dinampot ang kwelyo ni Percy.

**"I knew you're not coming back for nothing."** Angelo said.

**"Woah! Relax... I came in peace."** Sagot naman ni Percy sabay peace sign.

**"Hindi mo pwedeng tangayin si Jay-jay. Hangat hindi pumapayag ang Mama nya, hindi sya pwedeng umalis."**

Binitiwan sya ni Angelo pero nasa kanya pa rin ang tingin nito.

**"One wrong move!"** Banta ni Angelo habang nakaduro sa kanya. **"Ibabalik kita sa hukay mo."**

Tumalikod ang Angelo at mabilis na sumakay sa kotse nya. Umalis sya ng hindi na kami kinakausap.

Tinignan ko si Percy at Yuri.

**"Parang bata..."** Nakangusong sabi ni Percy. **"...nagsumbong pa talaga."** Kakamot-kamot sya sa ulo. **"Alisin mo na nga tong kotse mo!"**

Napailing nalang ako at ganun din si Yuri. Ngayon alam na nya na hindi nya basta-basta matatangay si Jay-jay.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 280

**A/N:** Matagal pa UD ng E series. Hihintayin pa nating maging puno ang munggo.

Happy 195k Followers sakin dito sa watty! Thanking you Tropas!

**Happy Birthday!**

Hannah Grace Soriano
Sharamae Punding Suaib
Patricia Kim Hermano
Trina Writes
Leila Hermano
Gichelle Anne Buizon
Greys Salcedo
Ienza Marie
Sellenotsell
MissShenice
RamilaToGi
Patty_zamn
06RanzKyle10
CathrineAngelUrian
☕mikylee21

**Shoutout!**

Myzel Tribujenia

Sorr sa typo at wrong grammar. Nakatlog ako kahapon. Sama kasi ng pakiramdam ko.

## Burning Ducati

***Keifer's POV***

**"Keigan..."** I called Keigan whose currently busy staring somewhere.

**"W-what?"** He ask.

**"May problema ba?"**

Tinignan lang nya ko habang dahan-dahang umiiling. I nodded shortly before walking away.

Nahihirapan akong kausapin sya kung ganito sya. Parang laging may pader na naka-protekta sa kanya. Ayaw nyang magpapasok at ayaw din nyang lumabas.

**"Keifer!"** Honey called me while waiving her hand.

Binilisan ko ang lakad ko para makapalapit agad sa kanya. Inabot nya sakin ang isang makapal na catalog. Tinignan ko yun sandali bago maglakad paalis.

**"Biglaan to kaya sabihin mo kung anong napili mo para mapa-ayos na yung papel."** Honey added while following me.

**"May hanggang bukas ka pa naman para ayusin to."**

**"Wow... Ang haba naman ng deadline na binigay mo."** She sarcastically said. **"Parang ang daling umorder ng eroplano no? Custom made pa ang gusto mo."**

Dumiretso kami sa basement kung saan ang madalas na tambayan namin ng mga kaibigan ko. Binaba ko ang catalog sa counter table bago kumuha ng isang baso ng alak.

Tinungga ko yun bago maupo sa isa sa stool. Hinatak ko yung catalog at binuksan. It's a catalog for private airplane.

Eto lang kasi ang nakikita kong magandang ipang-regalo kay Ci-N. Its his birthday tomorrow and I would like it to be special and most memorable celebration for him.

Ayokong ma-disappoint sya lalo na kapag hindi pupunta si Jay-jay. She's still mad at Ci-N. I won't be surprise if she decided not to come.

*But it'll be great if she will.*

**"I just want a simple private jet for him."** I said while moving the pages to one another.

So hard to choose when I only see pictures. Baka hindi rin kami magka-intindihan ng bibilhan ko nito.

Sinara ko ang catalog at inubos ang laman ng baso.

**"Wala ka napili?"** Honey ask.

**"So hard to explain what I want. Maybe I should pay them a visit."** I said and stand up.

Agad naman syang sumunod sakin habang hawak ang catalog. Alam kong nasa Pilipinas ngayon ang isa sa owner ng Plane and Jet Corporation. Sikat ng bilihan ng mga Private Plane.

I didn't waste any time. Pagsakay sa kotse sumakay din agad si Honey. Mabilis ang pagmamaneho ko dahil baka hindi ko na sya maabutan.

**"Nag-message ako sa secretary nya. I said you're a sure buyer."** Honey said while typing something from her phone.

**"Thanks."**

Dumiretso ako sa Business District kung saan nag-stay ang taong pupuntahan ko. He's staying at a well known Hotel of Hanamitchi's. As I park my car Honey told me that he was at the restaurant.

Mabilis ang naging kilos ko. Nakasunod pa rin si Honey sakin while typing on her phone. Pagdating sa restaurant sya lang ang taong nakaupo at tahimik na kumakain.

I heard he don't like noises while eating. Kaya naman binabayaran nya ang buong restaurant para makakain mag-isa.

Pagpasok pa lang sa pinto hinarang na kami ng dalawang lalaki. Obviously his bodyguard.

**"I'm here for Mr. Moskovosky."** I said and we heard him speak from a far.

**"Let them! That's my customer!"** He shouts.

Hinayaan kami ng mga lalaki at mabilis naman kaming lumapit sa kanya.

**"Mr. Watson have a sit."** He said while gesturing the seats in front of him. **"Do you mind?"** Talking about himself eating while talking.

**"No. Continue please."** I said before pulling the chair for Honey.

Tinulungan ko syang makaupo bago ako maupo sa tapat mismo ni Mr. Moskovosky. His last name sounds weird because his from Russia. I heard his half American.

**"So, have you seen the catalog? Those are the newest model of private jets. Some of those are not yet out of the market."** He said before shoving his food to his mouth.

**"I've seen it. I like the Bizliners."** I said and he smiled.

Binaba nya ang hawak bago kuhanin ang baso ng tubig sa harap nya. He take a sip before wiping his lips using the table napkin.

**"The most expensive private jet. I suggest the Airbus A318 Elite. Most of our luxurious customers chooses it because of large capacity. Amenities can also be customize. You have a great taste."** He said and gave me a playful smile.

**"Exact reason why I like it. But there's a problem."** I said and he start to turn serious.

**"Mind telling me?"**

**"The thing is... Its a gift for a friend whose turning 15 years old tomorrow. I want to make sure he's the only one who can use it."**

Napasandal sya sa upuan at binigyan ako ng alanganing tingin.

**"That's quite impossible. A 15 years old is not yet allowed to fly nor take piloting. So how this kid will use it and what he'll do with the private jet?"**

Napangiti ako. This is the reason why I choose his company to purchase a jet plane.

**"Customize him a private jet. I'm willing to pay 100 millions here."**

Bumalik sya sa pagkakaupo ng maayos. Natanggal ang pag-aalinlangan at inayos pa ang suot na coat.

**"Now we're talking!"** He said and laugh. **"But you know that it'll take years."**

**"Don't bother. You said it already, he can't fly it yet. I just want the certification and papers that proves his ownership."**

He nodded shortly while giving me the '*I understand*' look. He took his phone and dial someone's number.

**"Ready a special contract for customize jet plane... Yes... Make sure to complete the details. Send it Mr. Watson's assistant immediately... Yes... That will do."** He said and ended the call.

I saw Honey typing something from her phone.

**"My assistant will send the details. Just don't forget to give all the added amenities you want for the jet plane."** He explained. **"...After signing the contract, you'll receive the certification of ownership in few weeks."**

**"Make it a day. I want the certificate tomorrow."**

**"You want me to pull some strings?"**

**"I'm willing to pay extra."**

He smiled and shook his head. **"A Watson will always be a Watson."** He offer his hand for a handshake and I accept it. **"...send it back**

**immediately after signing and I'll do my thing for the certificate."**

**"Thank you Mr. Moskovosky."** I said and stand up.

We're about to leave when he stop me. I turn back to look at him.

**"Before you leave, I want to ask if you know someone name Rafael Mosk or Angelo Fernandez?"**

I almost flinch hearing their names. Anong kailangan nya kay Angelo? And Rafael Mosk? I'm not sure if his still alive.

**"May I know why?"**

**"Just a prospect buyers."** He said and smile. **"Forget it. Thank you for having business with us."**

I force a smile and leave. Honey followed me after. Mabilis ang bawat hakbang ko paalis sa lugar na to. Hindi maganda ang pakiramdam ko ng marinig ang pangalan ng dalawang yon.

Rafael is Angelo's friend na nawala non sa hindi ko malamang dahilan. I don't know why he and his friends never look for him. Inisip ko nalang na baka alam nila kung nasan sya o baka umalis lang talaga at nagpa-alam na sa kanila.

*Rafael Mosk.*

**"Bakit hindi mo sinabi na kilala mo si Angelo?"** Honey ask when we both get inside my car.

**"Maraming Angelo Fernandez sa Pilipinas."**

She simply rolled her eyes. Alam kong alam nya na isa lang ang Angelo Fernandez na tinutukoy ng lalaking yon at ang Angelo na kilala ko. Isa lang naman ang gumawa ng ingay sa Business Industry.

*At connected kay Rafael Mosk.*

**"Sabihin mo sakin lahat ng gusto mong idagdag sa customize jet plane na order mo. I'll type it down to send it to them."** She said while typing on her phone.

I said everything that I want to add. Including voice recognition para masiguro na si Ci-N lang ang makaka-gamit ng Jet plane in the future.

Hindi ko gusto ang ugali ng kapatid nya. Alam kong pinakikialam nila ang lahat ng meron sya. Kaya naman hindi malabo na angkinin nila yon.

Gusto ko din na tuparin nya ang pangarap nyang maging piloto. Alam ko namang papasok sya sa Medical School. Bata pa naman sya kaya marami pa syang pagkakataon para makapag-aral mag-piloto.

We arrive at the house and Honey immediately run inside. Ipi-print daw nya ang contract para mapirmahan ko na.

Hindi ko na pinansin yon at pumasok sa loob para hintayin ang pinrint nya. Not that long when she came back with few papers and sign pen. Binasa ko muna yon bago pirmahan.

**"Peram kotse mo. Ihahatid ko to sa kanila ngayon."** Sabi nya habang nakalahad ang kamay.

I arch a brow. **"Not familiar with fax machine?"**

Her lips form into an O. She smiled after realizing what Fax machine is.

**"Sorry. I just really want to use your car."** She said and leave.

*Palusot.*

Alam ko namang hindi nya alam ang fax machine. Napapailing nalang ako habang pinagmamasdan syang maka-alis.

Narinig ko ang pagtunog ng phone ko. Kinuha ko yon mula sa bulsa ko at ang pangalan ni Edrix ang una kong nakita.

**"Yes?"** I ask as I answered his call.

**["*May tumawag sakin mula sa mga bagong laruan mo! Nakita daw nila sa si Jason na may sinusundan!*"]** He said in a hurry.

Isa lang ang nasa isip kong susundan nya. Kumikilos na ba sya para gantihan ako? That asshole is getting into my nerves.

**"Can you trace him?"**

**["*Can't. Pero sabi nung tumawag sakin sa mall daw nya huling nakita si Jason!*"]**

**"Which mall? There are too many malls in town!"**

**["*Itetext ko sayo pangalan ng mall!*"]** He said and I heard him laugh like a kid. **["*Ang astig nito Keifer! Feeling ko Boss ako at maraming taga-sunod! Ayos din pala tong pakikipag-kasundo ng ibang grupo satin!*"]** He laugh again.

Napailing ako. **"Just send it! Para mapuntahan ko na!"**

Narinig ko pa ang pagtawa nya bago ko mapatay ang tawag. Tuwang-tuwa sya na meron na syang ibang mauutusan ngayon.

Not that long when I receive his text. Agad akong pumunta sa garahe at sumakay sa kotse ko. Wag lang magkakamali ang Jason na yon na hawakan ang mahal ko. Susunugin ko ang motor nya sa harap nya.

Mabilis ang pagpapa-andar ko ng kotse. Nakarating ako sa mall na sinasabi ni Edrix. Nalibot ko na ang parking at tinignan na lahat ng entrance at exit pero wala akong nakitang Jason.

Huling libot ko na hanggang sa matanaw ko ang isang lalaking naka-helmet na itim at naka-upo sa Ducati malapit sa exit ng mall kung saan madalas na nag-aabang Taxi ang mga tao. And then I saw Jay-jay with Rakki standing and waiting for a Taxi.

Hindi muna ako umalis. Gusto kong malaman kung anong balak ng Jason na to. I want to make sure what he's up to. Ayokong maging O.A at baka makahalata sya pero kung hindi naman ako kikilos baka kung anong gawin nya.

*Fvck this!*

I have no choice but to follow them. He ride his motorcycle when he saw Jay-jay and Rakki leaving the place. Not that long when he starts to follow them. I did the same to him.

Nahihirapan akong hindi magpahalata. Hindi pwedeng masyadong malapit pero hindi rin pwede na masyadong malayo.

I keep following them. Umabot na din ng halos isang oras ang pagsunod ko ng meron akong mapansin. Wala ng taxi na sinusundan si Jason.

I've been trick! And not that long after realizing it, pinahuhurot nya ang motor at mabilis na nawala sa paningin ko. Nahampas ko nalang ang manibela kasukod ng pagmumura.

Pero saan nagpunta sila Jay-jay. Malamang na hindi pa sya nakakauwi dahil ibang direksyon ang daan. Masyadong malayo sa subdivision nila.

Maybe she's still with Rakki. Saan naman kaya sila pupunta?

*Maybe I should check Rakki's house.*

I'm not sure with the address. Pilit ko lang inaalala yung bahay na palaging dini-describe sakin ni Ci-N. But its no use.

I decided to stop the cat at the side of the road. Kinuha ko ang phone ko at tinext si Rory, asking for Rakki's address. Mabuti nalang at mabilis syang nagreply.

Para akong wala sa sarili ng magmaneho papunta sa ibinigay na adress sakin. Pero mukang hindi ko na kailangang isa-isahin ang mga bahay. Malayo pa pero nakikita ko na ang nakaparadang motor ni Jason.

Hininto ko ang kotse at pinatay ang makina. Alam kong hinihintay nyang lumabas si Jay-jay at ganun din ang gagawin ko.

*But waiting is not really a joke.*

Ilang oras ang hinintay ko hanggang sa magdilim na ang langit. Nagsisimula ng sumindi ang mga ilaw sa poste. And then someone's house gate opened.

Lumabas ang hinihintay ko at na nagpaalam pa kay Rakki at babaeng may edad na.

Kita ko ang paghahanda ni Jason. He start the engine and when Jay-jay walk closer to him he put his head beam on high that it can blind someone.

Huminto si Jay. Jason walk closer to her and they start to talk. Mahigpit ang hawak ko sa manibela pero bago pa ko makagawa ng pagkakamali tinext ko na si Rory. Sinabihan ko syang maghanda at itext ang mga Ulupo—I mean the whole section E.

Napahinto ako ng makita kong sumakay si Jay-jay sa motor ni Jason. He has this flashing smile on his face that I love to wipe out using my fist. Mas lalo akong nagsindi ng makita kong humawak si Jay na humawak sa balikat nya.

*I will fvcking kill this guy!*

Mabilis ang naging pagmamaneho ni Jason. Sinundan ko sila ng malayo-layo na pero hindi nawawala sa paningin ko.

Nakita kong huminto sila sa tapat ng isang gotohan. Pinili kong pumarada sa kabilang daan kung saan my maliit na tindahan. Nasa loob na agad sila ng kainan.

I know Jason didn't invite Jay-jay to have dinner with him. Mukang tama nga ako ng hindi nagtagal ng may dumating na mga nakamotor din. Mga kagrupo nya.

My guts is telling me to run to them. But if I make a move now there's a huge chance that it's a trap. But what if they're doing something to My Jay-jay now.

*Make a fvcking decision now.*

Hindi ako pwedeng nagkamali. Hindi pwedeng mapahamak si Jay-jay. I took my phone and send my current location to Edrix. I told them to wait for my go signal.

Ako lang ang haharap sa lalaking yon. I get out of my car and run to them. Malayo pa pero kita ko na ang magugulong gamit sa loob. I can see Jay trying her best to fight back. Pero nabalot ako ng takot ng bumagsak sya at pagsisipain nila.

*I'm here to save you!*

Pumasok ako sa loob at huminto sila. Jason smiled at me looking so happy and satisfied.

**"Ang tagal mo naman... Wag mong sabihin na na-traffic ka, eh kanina ka pa dyan sa labas."** He said

From the corner of my eyes I can see Jay-jay crawling to the nearest wall. Seeing her like this makes me want to kill Jason. My fist clenched and ready to punch his face.

**"Naku... Napasobra yata kami."** He added acting like he cares. **"...Ang tagal mo kasi. Sya ang napag-tripan namin."**

Tinignan ko silang lahat na andito at pati yung mga napabagsak na nya. Namamangha talaga ako sa paraan nya kung pano sya magpabagsak ng lalaki.

*You're really my strong woman.*

**"What happened to you?"** I ask trying to have a plain tone. **"They're few, but you can't beat them?"**

I saw her pissed by my words and frown at me. She even rolled her eyes.

**"Hindi kami kaya ng girlfriend mo."** Jason suddenly said.

**"Hindi ko sya boyfriend."**

**"She's not my girlfriend." We** said in unison.

*She's my future Mrs. Watson.*

**"Ouch... Mukang totoo ang balita. Si Keifer, gumamit ng babae para maka-ganti sa kaaway nya."** Pang-asar ni Jason.

**"Shut the fvck up, Jason."**

He just chuckled while removing his jacket. I know his ready to fight.

*So am i.*

**"What do you want?"** I ask.

He gave me a death glares. **"I want you dead Keifer."**

*If you can.*

He suddenly throw a chair and run after to punch me. Nakaiwas ako at mabilis na sinalag ang suntok nya. Mabilis ko syang sinipa bago pa makabawi. Malayo din ang tinilapon nya.

Susugod na sana ang mga kasama nya ng sumenyas si Jason habang tumatayo. Sumugod na naman sya at nakipag-palitan ng suntok sakin. I'm not that easy to defeat.

Nakakuha ako ng isa sa mga silya at hinampas yon sa kanya. Kita ko ang pag-ngiwi nya sa sakit.

**"Keifer! May kutsilyo sila!"** Jay suddenly shouts.

Jason set aside and one of his man run with knife and about to stab me. Nakaiwas ako at nadaplisan lang. Mabilis ko syang sinuntol sa panga at nawalan naman sya ng malay.

Pero hindi ko nakita ang pagsipa ni Jason kaya hindi ko naiwasan yon at agad akong tumilapon. Nasaktan ako sa ginawa nya at nahirapang huminga.

Napansin ko ang paglapit ng mga tauhan ni Jason kay Jay-jay. *Fvck!* Hindi ko man lang sya malapitan dahil alam kong mauunahan ako ni Jason. Nabawasan ang pangamba ko ng manlaban si Jay sa kanila.

*You're doing a good job!*

**"Andito kalaban mo."** Jason said and attack me.

I fight back. Changing punches and kicks with me. Hitting each other through our body and face.

I know Jay-jay is trying her best to fight back. Pero hindi nua kakayanin lahat ng to. And my hopes start to fall when I heard someone calling my name.

**"Keifer..."**

Someone is holding Jay-jay. Kakasabi ko lang! Ano ba kasing ginagawa ko? Masyado akong nag-focus kay Jason.

Kung susugurin ko ang may hawak sa kanya. Kukuhanin ni Jason ang pagkakataon. Matatalo ako at baka kung anong gawin nya kay Jay-jay.

She have no choice but to cooperate with me. I trust Jay-jay, I know she can do it. She's stronger than me, I know she can.

I look back to Jason. Sabay kaming lalaban. Walang mauuna, walang mahuhuli. Kundi pareho kaming talo.

**"Kaya mo ba?"** I ask her without looking at her.

She didn't answer. But I know she can do it.

**"Kaya mo ba?"** I ask again.

*I don't think she get me.*

**"Kaya mo ba?"**

Her reaction suddenly changes. She got it!

I position my body to attack. Jason still don't have a clue.

**"One!"** I shout.

Jason look at me and Jay-jay.

**"Two!"**

**"THREE!"** We shouts in unison.

I jump and and turn to give a Jason a high kick. Tinamaan sya sa muka at bumagsak kasabay ng may hawak kay Jay.

*She did it! My girl did it! I'm so proud of her!*

We both in silence. I look aroud to check if someone is still up and ready to attack. But I see none.

Nagkasalubong ang tingin namin ni Jay and we both laugh. For the first time, we fight together. Pero unti-unti rin kaming tumigil sa pagtawa.

I don't know what happen but the next thing I know we're both hugging each other.

*Ow fvck! I miss hugging her!*

Naramdaman ko ang pagkalas nya at pagtulak sakin. But i don't want to let her go.

**"H-hoy... B-bakit mo k-ko niyayakap?"** She ask while pushing me.

*Tss. You hug me back remember?*

I hug her tightly. **"Ikaw ang may gusto nito... Pinagbibigyan lang kita."**

*And I want it too... So bad.*

**"P-pwede ka ng bumitaw."** She said but I didn't let go.

**"Sigurado ka? Parang gusto mo pa."**

*I know you want it too.*

**"Sigurado ako... B-bitaw na."** She's pushing me again.

**"Ramdam ko... Gusto mo pa."**

I hold her head and rest it in my chest. I don't care if she'll hear my heartbeats.

She stop moving and relax her body. I knew she want it the same way I do.

**"I know... You really want it."** I can't stop my lips to form a smile.

**"Bumitaw kana. Nakiki-usap ako."** She said in serious tone.

Alam kong may mali kaya kahit ayaw ko pa bumitaw ginawa ko na. She push me away and I immediately saw pain from her eyes.

*Damn it! Nagkamali na naman ba ko?*

**"Ano ba tong ginagawa mo?"**

My forehead crease. I have no idea what she's talking about.

**"...Ano tong ginagawa mo? Bakit lumalapit ka naman sakin? Bakit nagpapakita ka na naman ng motibo? Bakit ipaparamdam mo na namang meron? Bakit? Bakit mo ginagawa to?"**

*Fvck!*

I'm so reckless. Nawala sa isip ko ang mga inaakto ko. Bakit ba hindi ko naisip na pwede syang makahalata? Nawala sa isip ko na magtatanong sya. Na aalamin nya ang dahilan ng lahat ng ginagawa ko.

I look around trying to find some answers. Wala na kong maisip. Baka kung anong masagot ko sa tanong. Baka masabi ang totoo.

*Mas mabuti kung umiwas muna ko.*

**"It's late... Ihahatid na kita."** I said and grab her but she step back.

**"Umalis kana kung gusto mo. Pero hindi ako sasama sayo."**

**"Jay... Wag mo munang pairalin ang katigasan ng ulo mo."**

**"Sagutin mo muna ang tanung ko! Bakit mo ko pinahihirapan ng ganito?! Hindi ka pa ba kuntento sa mga ginawa mo sakin?! Eto ka na naman, ipaparamdam na meron nga'ng *tayo* kahit wala naman talaga!"**

*Why so stubborn? Sundin mo nalang ako! Please.*

Gusto kong sabihin sa kanya na para sa ikabubuti din nya to. Na mas mabuti kung wala syang alam sa nangyayari.

**"Sagutin mo ko Keifer, meron ka ba talagang nararamdaman sakin?"** She ask and I saw tears from her eyes.

*I DO! I FVCKING DO HAVE FEELINGS FOR YOU! I'M SO INLOVE WITH YOU THAT I'M READY TO SACRIFICE EVERYTHING SO YOU CAN BE SAFE!*

I look down before she notice my teary eyes.

**"Narinig k-ko kayo... Kayo n-ni Yuri... yung pinag-usapan nyo..."** She's crying now. **"...gusto kong isipin na totoo yung sinabi ni Yuri, na nagsisinungaling ka nga. Na meron ka nga talagang feelings para sakin. Pero gusto kong marinig sayo."**

Mabilis akong tumalikod bago pa bumagsak ang mga luha ko. I can't stop my tears anymore. Seeing her like this makes me want to regret everything.

Makes me want to take it back. Makes me want to stop the plan. Makes me want to give up.

*I badly want to be with her.*

**"Ihahatid na kita."** I said in plain voice.

Iniwan ko sya at agad na tumawid para makasakay sa kotse ko. Panay ang punas ko ng mga mata ko. Pina-andar ko yon at pinark sa tabi ng motor ni Jason. Alam kong hindi sya lalabas agad.

I try to calm myself but my tears are not cooperating with me. Gustong-gusto ko na syang makasama. Gusto ko ng syang mayakap ng mahigpit. Gusto kong marinig ang boses nya na walang galit at sakit.

*Hirap na hirap na ko! Ayoko na. Please.*

Napadukdok ko sa manibela ng kotse ko. May ilang beses akong huminga ng malalim. Pinunasan ko din ang muka ko ng makarinig ako ng busina.

Naitaas ko ang ulo ko at ang muka ni Jay-jay ang una kong nakita. Nakatingin sya sa bagong dating na kotse. Its Aries.

Bumaba ako ng kotse at tinignan sila. She look at me in pain before walking away. I don't want to see her like this. Why do I have this feeling that I'm loosing her?

Tinignan nya pa ko bago tuluyang umalis. Her eyes are like saying goodbyes.

Parang gumuho ang mundo ng tuluyan na silang umalis. I'm loosing her! I can't.... I can't loose her just like that!

Napatingin ako sa mga nakaparadang motor. Agad kong kinuha ang phone ko at tinawagan si Rory.

**"Same place. I want to burn Jason's motorcycle... In front of him."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 281

**A/N:** E Series First Batch.

Angelo Fernandez
Joshua Venites
Drew Mercado
Eman Andrada
Edrix Peñaflor
Kiko Evans

Dapat kasali si Felix at Rory pero hindi pa ganun ka-solid story nila. Pinalitan sila ni Kiko.

Kiko is not Section E pero dahil nasa loob sya ng AMNSE kaya pasok pa rin sya sa E series.

Meron na kong nilabas na added character sa story ni Angelo sa Previous chap.

Ang grammar ay inyong pagpasensyahan. Bow!

**Heart day**

***Keifer's POV***

Mauubusan na ko ng dahilan para magpatuloy sa lintik na plano na to. Pakiramdam ko hindi umuusad ang lahat. Nakabitin pa rin ang lahat ng plano namin.

*And now I'm loosing Jay-jay.*

**"Sa lahat ng plano natin. Ilan na don ang nagawa mo?"** Keigan ask me.

I cleared my throat. **"I push Jay-jay away. I look for allies—."**

**"What allies? Yung mga street fighter na laging naghahamon sayo?"**

**"Hindi sila basta-basta—."**

I saw him rolled his eyes. **"When we said allies, what we mean is someone powerful. Someone that you can relay on anytime. Someone who have lots of connection."**

**"Someone like Angelo."** Mr. Ryder said.

I simply shook my head. **"I can find someone else."**

**"Saan ka hahanap? Sa KingsGround? Kundi mga drug lords, sino-sino ang mga lalapitan mo don?"** Keigan starting to raise his voice. **"Come on Kuya! Lahat kami dito tinutulungan ka pero ikaw ayaw mong tulungan ang sarili mo!"**

Napahawak ako sa sintido ko at minasahe yon gamit ang isang kamay. Ano pa bang kulang?

**"We're leaving sooner than the original plan."** Mr. Ryder said. **"...staying here are giving you trouble to do your part."**

*I don't wanna hear it!*

Agad akong tumayo at tumalikod sa kanila. Tinawag pa nila ang pangalan ko pero pinili kong magpatuloy sa paglalakad. Sa basement sana ang tuloy ko pero napatigil ako. They will find me here.

I turn and walk fast going to garage. I choose the simplest car that I have. Pagsakay ko sa loob nadinig ko ang phone ko mula sa bulsa.

Kinuha ko yon at ang pangalan ni Keigan ang una kong nakita. I silent my phone before taking the key from the glove compartment.

Mabilis ang pagd-drive ko papuntang KingsGround. Yun lang kasi ang lugar na makakainom ako ng hindi naiistorbo nila Keigan.

My mind is almost empty. Jay-jay is the only one that filling it up. Sya nalang ng sya ang umiikot sa isip ko. Ayoko syang mawala pero kailangan ko syang ipagtulakan. How will I protect her?

*Come on Keifer! Think of something else.*

I'm out of options. Napahigpit ang hawak ko sa manibela. Nadiinan ko din ang busina ng may biglang sumingit sa harap ng kotse ko.

Muntik ko na syang habulin para lang banggain. Buti nalang at naalala ko kung saan ako papunta. Niliko ang kotse sa kanto ng KingsGround. Malayo pa ko pero kita ko na ang maraming kotse na nakaparada sa labas.

All branded and definitely cost a fortune. Ang iba sa kanila limited edition pa o kaya naman sa ibang bansa lang binebenta. Nag-park ako sa tabi ng hindi ko kilalang brand ng kotse. Dumiretso agad ako sa entrance ng club.

The party is wilder than the usual. It's raining free beer. Punong-puno ang club ng mga taong sabik na sabik sa pagsasayaw.

Napatingin ako sa opisina ni Tiger. I saw few men watching people partying while holding a glass of alcohol drink. I arch a brow.

*Who are they?*

Mukang may bisita si Tiger. Minabuti ko nalang dumiretso sa bar. Paupo pa lang ako sa isa sa mga stool ng may tumapik sakin.

Tinignan ko sya at bumungad sakin ang seryosong muka ng isa sa mga bouncer ni Tiger.

**"Tawag ka ni Boss sa taas."**

I nodded shortly and followed him. Halos bagsak ang balikat ko habang umaakyat sa hagdan papunta sa opisina nya.

Pagbukas ko ng pinto halos lahat napatingin sakin. My forehead crease.

*What the hell?*

**"Keifer!"** Nakangiting tawag sakin ni Tiger habang palapit sakin. **"Pasok! Pasok! Ipapakilala kita sa bisita ko."**

Inakbayan nya pa ko habang inilalapit sa mga bisita nya. Nasa 8 silang lahat na may kanya-kanyang pinu-pwestuhan at kausap.

**"Seriously Leo? A kid?"** The one sitting comfortably in a couch said.

Hindi sya mukang Pilipino. More like European because of the sharp jaw line and heavy eye looking. Para bang nanunuri ang bawat tingin nya kahit bahagya naman syang nakangiti.

Mabilis na nagsalubong ang kilay ni Tiger. **"TIGER! Stop calling me Leo! Its Tiger!"**

They all laugh. I look at them one by one. Trying to figure out if I know at least one from them. Some are familiar but I still don't know their name.

**"Who is he? He looks familiar."** The one standing beside the glass wall ask.

He's different from the first guy. Soft ang features nya. Probably Korean or Chinese because of he's mono eyelids that almost closing when he smile. Sya yung tipo ng tao na mukang hindi nakakatakot lapitan.

**"Everyone! This is Keifer Watson!"** Tiger said while gesturing his hand as if I'm a royalty.

Lahat sila tumigil sa ginagawa. Meron pang muntik nang mabuga ang iniinom. While the others exchange meaningful glances.

**"The Watson?"** Confirming by the guy sitting on Tiger's table. **"You mean the young heirs of Watson's?"**

Parang hindi makapaniwala na tanong nya. Hindi ko maiwasan na hindi mairita sa kanya. Para bang kilalang-kilala nya ko.

**"The one and only."** Tiger said while tapping my shoulder.

Iritable ko syang tinignan. **"Ano bang meron?"** I ask almost whispered.

Nginitian nya ko na may halong pang-aasar. Umalis sya sa tabi ko at lumapit sa coffee table para kumuha baso at sinalinan yon ng alak bago iabot sakin.

I grab it with one hand.

**"Isn't he a minor?"** The one sitting beside the first guy ask.

**"Minor has no meaning here at my club."** Tiger said and smile like a lunatic.

**"Are you recruiting him?"** Its the first guy.

*Recruiting? For what?*

**"Nope."** Tiger answers while shaking his head. **"He don't know anything about your frat."**

Hindi ko maiwasang hindi mainis. Wala akong maintindihan sa sinasabi nila. Alam kong tungkol yon sakin. Hindi ko alam kung anong recruitment at anong frat ang tinutukoy nila.

Hinarap ko si Tiger ang tinignan ng masama.

**"Kindly give me a clue on what are this people talking about."** I said in authority.

Wala akong narinig na sagot mula sa kanya pero narinig ko naman ang pagreact ng mga bisita nya.

**"Is it me or I just saw Angelo from him?"** One of them said while walking toward me.

Bahagya akong napa-atras.

*He knows Angelo.*

**"They look the same. Not exactly though but in some part."** The other one with glasses said while typing something from his phone.

**"Maybe Angelo knows him."** The first guy said while shaking his glass. He turns to Tiger. **"Does Angelo knows this guy?"**

Hindi na talaga ako natutuwa. Binaba ko ang basong inabot sakin ni Tiger kanina sa coffee table.

**"Sorry to interrupt but I think I don't have any reason to stay here."** I said and about to walk when one of them stand at the door to block my way. **"Kindly move before I loose my temper."**

He smirked before crossing his arms. **"You have the attitude of a Watson."**

**"Keifer. Right?"** The first guy ask but I didn't respond. **"Ervin Schnee."** He raised his glass.

My tongue has been bit by a cat. No words are enough to describe how shock I am right now. The owner of multibillion banks are in front of me.

**"I actually hate your family. Instead of saving money in our bank, they decided to built their own."** He said before drinking.

**"Someone is bitter."** The one with soft featured said and they all chuckled.

**"I am not!"** He pointed his fingers to Tiger. **"Call Angelo. If he's not recruiting this kid, I will recruit him."**

Kanina pa yang recruiting na yan. Ano ba yan? Tungkol saan ba yan? Hindi na talaga ako natutuwa sa mga to.

Napatingin ako kay Tiger ng marinig ko ang pag-ri-ring ng phone. He put it in a loudspeaker. Kunot ang noo ko habang hinihintay ang mangyayari.

**["*What?! Make sure it's important!*"]** It was Angelo obviously irritated.

**"Hindi ka ba sasama samin?"** Mapang-asar na tanong ni Tiger.

**["*Fvck no! Didn't I tell you that I'm fvcking busy!*"]**

Narinig ko ang mahinang tawanan ng mga nakikinig sa kanya. Ervin signal his hand to hand over the phone. Ginawa naman yon ni Tiger.

**"Angelo, my man!"** He greeted him.

**["*What do you fvcking want d*ckhead?!*"]**

Ervin laugh. **"Come on! I just want to ask if you're familiar with Keifer Watson."**

Angelo's line turn silence. So as the this man whose watching Ervin.

**["*He's just a kid.*"]** He said calmly which is weird. **["*Don't mind him.*"]**

**"Look, are you planning to recruit him? Because I am."**

Another dead air from his end. He's giving me reason to think that he's planning to talk to me about this. I don't really understand anything.

All I know is this guys from obviously different countries knows Angelo. They said something recruiting and Tiger said something about frat.

**["*Don't.*"]**

**"I'm giving you two options. Recruit him or I will."** Ervin said and finally ended the call.

He throw back the phone to Tiger. Muntik pa nyang hindi masalo yon pero nagawa naman nya. Tinignan nya ko ng puno ng pagyayabang.

**"Ano bang nangyayari?"** I ask almost whisper.

**"Mamaya ko nalang sasabihin sayo. Makisaya ka nalang muna."** Sagot nya at inakbayan ako.

Kinuha ulit nya ang basong binaba ko kanina at binalik sakin. Pilit nya kong pina-upo sa pagitan nung Ervin at isang hindi ko kilalang lalaki.

They ask few questions. I choose to answer some but not all. Lalo na kung personal na o patungkol na sa yaman ng mga Watson ang tanong nila. Especially this Ervin whose keep asking about the rumored solid gold of my family.

*I will never say a thing about it.*

Halata na ang pagkalasing sa kanila. May ilang oras din yata silang nag-iinom. Until few of them decided to go down stairs and find a woman to dance with.

While the others decided to go home. Nang mawala sila sa paningin ko, dun ko pa lang hinarap ang Tiger na pindot ng pindot sa cellphone nya kahit pipikit-pikit na ang mata.

**"Mind explaining me everything."** I commanded and he smiled like a child.

Umayos sya ng pagkaka-upo. Dumighay pa sya dahilan para mapasibangot ako sa amoy ng hininga nya.

**"D-don't tell Angelo. Oki?"** He gestured his hand in okay sign.

I nodded shortly.

**"Si Angelo kasi... Sumaaaaaaliiii ng fraternity bago... kami graduate ng higschool."** He explained while pointing his fingers at me. **"Pero...pero...pero hindi to tsssipp na frat. *Internatsunal* to!"** He even raised his hand when he said international. **"Kada recruit sa high rank—10 million *dolarsss* ang makukuha. Kapaaaaag low rank kagaya ko, 1 million *dolarsss.*"** Dinuro-duro nya ko sa muka. **"Ikaw! High rank ka, kaaaaya gusto kang agawin niiii... Ervin."**

Muntik ko ng hindi maintindihan ang sinasabi nya. So it's a fraternity and there's a money involve.

Sa pagkaka-intendi ko, kapag na-recruit ako sa tinatawag na High rank makakatanggap ang nag-recruit sakin ng 10 million dollars.

**"Waaaaggggg!... Mong *sasebibin* kay Angelo na sinabi ko *seyo*. Patayin ako noooooooonnnn! Ayaw ka nyang recruit kasi sure syang *gagemiteyn* mo yang frat na *yen* para manalo kaaaaa sa laaaaabbbbaaaannnn mo."**

*Is that so?*

**"Why did you and Angelo joined that group?"**

Tumawa sya ng nakaka-asar. **"Dahil kay Ion at kay Rafael."**

I arch a brow. **"I understand the thing about Ion but what's with Rafael?"**

**"Siiiiiii *Rafy-bab*y ang unang sumali *taaaaaaaapeeees* ni-recruit si Angelo tapos ako. Perang-pera na yaaaata ang gago."**

Nag-sisimula ng pumikit ang isang mata nya. Malapit na syang bumagsak kaya dapat na makuha ko na lahat ng information na kailangan ko.

**"Anong mapapala ko sa pagsali sa frat na yan?"**

Ngumiti sya ng malapad. **"*Aaayyyyiiiiee*e gusto diiiiin."** Bahagya nya kong sinampal sa muka. **"Connection, power, money and alliance."**

Napalingon ako sa huling salita na sinabi nya. Eto na ba sagot sa hinahanap na alliance nila Keigan. They want someone like Angelo and I just happened to meet a group of men like him.

**"Then recruit me."** I said almost commanding.

**"Dddiiiiii pidi!"** Mabilis nyang sagot.

*What?!*

**"Akala ko ba member ka din?"**

He harshly shook his head. **"Hindi mo baaaaa nadinnneeeggg?! Low Rankers si *aqoew.*"**

My forehead crease. **"What's the difference?"**

Bigla syang pumikit at yumuko. Agad ko syang binatukan. Hindi pa sya pwedeng makatulog. Tinaas nya ang ulo nya at dinilat ang mata.

**"Ni-batukan mo ko?"**

I shook my head. **"Sagutin mo na tanong ko."**

**"*Yeeeeengg* Low Rankers na yeeennn, low rankers lang din recruit. Yung High Rankers piiiiddddiiiii recruit ng Low at High pariiihhhhhooooo."**

Payuko na naman ang ulo nya kaya pinitik ko ng malakas ang tenga nya. Bumangon sya at nilingon ako sabay hawak sa tenga.

**"*Is tat yu*?"**

**"What if I become low ranker, what will I get?"**

**"Para kaaaaaa lang... *Geneyral* ng isang Hari. Proteksyon lang meron ka pero hindi ka kaaaaaaaaaasiiiiiiiing lakas ng mgaaaaaa High. Ibabase diiiinnnn nila sa istado ng *lyf* ang rank. Keeeeeeng kya mong**

**mag-bayad ng Annual fee na 3million *dolarsss*..... PAAASSSOOOKK sa high!"**

There's an annual fee? Ibig sabihin kung high ranker si Angelo nagbabayad sya tao-taon. Pero pano sya makakabayad kung naghihirap na sila?

Tinapik ko sa balikat si Tiger. **"Thanks. Go to sleep now."** Tinulak ko sya pahiga sa sofa.

Para syang rebultong natumba at hindi na bumangon. Iniwan ko sya at lumabas na ng opisina nya. Hinanap ko si Ervin sa dance floor pero dahil sa dami ng tao nahirapan ako. Nakita ko sya malapit sa stage na sinasayawan ng dalawang babae.

**"Ervin!"** Tawag ko sa kanya. **"ERVIN!"**

Tinulak ko na rin ang dalawang babae sa tabi nya. Nakasibangot syang humarap sakin.

**"What the hell?!"**

**"RECRUIT ME! RECRUIT ME ON YOUR FVCKING GROUP!"** Halos mapatid ang lalamunan ko sa pagsigaw.

Inakbayan nya ko at hinatak papunta sa kung saan. Dahil malaki sya sakin hindi ko magawang pumalag. Idagdag pang nasisiksik kami ng maraming tao.

Naka-alis kami sa dance floor ng disco pero hindi pa rin nya ko binibitawan. Hanggang sa mapansin ko nalang na nasa labas na pala kami ng KingsGround.

Pabato nya kong binitawan at tinignan ng mata. The way he looks at me gives me goosebumps.

**"You disturbed us jerk!"**

**"Recruit me!"**

He shook his head. **"I can't without Angelo's permission! You're his prospect!"** He took a piece of paper from his wallet and throws it at me. **"Talk to him first and ask him to call me."**

Tinalikuran nya ko at bumalik sa loob. Kinuha ko ang papel na binato nya. A calling card. Nalukot ko yon sa sobrang inis.

Wala akong aasahan kay Angelo. Hindi nya hahayaan na makasali ako. Pero wala akong magagawa. Mukang kailangan ko talagang makiusap sa kanya.

*This for my Jay-jay!*

Mabilis akong sumakay sa kotse ko. Halos banggain ko na ang mga nakaparadang magagarang kotse dahil sa inis. Mabilis ang pagmamaneho ko na halos ika-aksidente ko na.

I just want this to be done. Gusto ko ng makasama si Jay-jay. Bago sya tuluyang mawala sakin.

Not that long when I reach their house. Bukas pa ang ilaw sa ilang bahagi ng bahay. I checked the time and it was 12:52AM.

Pinarada ko ang kotse hindi kalayuan sa gate nila. Nakabukas yon at labas masok ang mga Maid nilang mukang naglalabas ng basura.

Hindi ko na hinintay na may magpapasok sakin. Kusa ko ng ginawa yon and to my surprise no one notice me. Sa second floor kagad ako nagpunta. The light is dim but enough for me to see my way.

Alam ko ang kwarto ni Aries at Angelo. I've been here before. Kakatok na sana ako sa kwarto ni Angelo ng mapansin ko ang pinto halos katapat lang ng kwarto ni Aries.

Ci-N told me everything about Jay's room. Hindi ko alam kung gising pa sya pero alam ko sa sarili ko na gusto ko syang makita. May sariling isip ang mga paa kong humakbang palapit don.

Patay na ang ilaw pero may kaunting liwanag na sa palagay ko ay galing sa lamp. She said before that sometimes she had nightmares and she's blaming it to darkness.

Kusang tumaas ang kamay ko para abutin ang doorknob. She didn't lock her door. Tama nga ako na mula lang sa lamp ang ilaw nya.

Wala sa lugar ang kumot nya habang sya namamalipit sa lamig. I walk slowly toward her and reach her face. Basa ng luha ang pisngi nya. At kahit hindi ko itanong alam kong ako na naman ang dahilan non.

Pinunasan ko ang luha nya bago kuhanin ang kumot nya at ibalot sa kanya. Naupo ako sa tabi nya at ilang beses na hinalikan sya sa noo.

**"Nasaktan na naman kita."** I whispered. **"I'm a jerk for hurting you so bad. I don't deserve you or your love."** I kissed her forehead again. **"But I still want it. I still want you."**

Hinawi ko ang ilang piraso ng buhok nya at pinagmasdan sya. Salubong ang kilay nya at nagsisimulang pagpawisan. Meron din syang binubulong na hindi ko maintindihan.

**"Ssshhhh... It's okay. I'm here."** I said while brushing her hair.

Inayos ko ang pagkakahiga nya at pinunasan ang pawis nya. I don't care if she woke up.

**"K-keifer..."** She murmured.

**"Hey... I'm here."**

**"Mmmm... Ikaw... saktan..."**

*Are you dreaming about me?*

Hinawakan ko ang kamay nya at hinalikan yon. Sa sobrang takot ko na mapahamak ka, pinili ko nalang na saktan ka. Pero ngayon natatakot na ko na mawala ka at kung kailangan kong sabihin sayo ang totoo para hindi mangyari yon, gagawin ko.

**"Tang'na mo... Keifer..."** She said that makes me chuckled.

**"Profanity."** I kiss her lips but it was a soft one.

Pinunasan ko ulit ang pawis nya sa noo at sinuklay ang buhok nya. Pagkatapos ng lahat ng to, maghahanda ako ng magarbong date para saming dalawa. I don't know how, but I'll make sure it will happen.

**"Alam kong mali, pero gagawin ko para lang hindi ka mawala sakin. Kapag sinabi ko sayo ang totoo sana maintindihan mo ko."** I said and about to plant another kiss when someone interrupt.

**"Anong totoo? At bakit ka nya iintindihin?"**

Bahagya akong lumayo kay Jay-jay at tinignan ang nagsalita. It was Aries, standing at the door. He looks at me like he's ready to kill me.

**"Move away from my sister, now."** He try his best to sound calm.

Napangiti ako bago unti-unting tumayo.

**"Labas."**

I look at his fist that's currently clenching.

**"Labas na. Ngayon na."** He remained calm. **"Baka magdilim ang paningin ko, mapatay kita."**

**"How will you kill me when you can't see anything? Bulag ka, madilim ang paningin mo."**

Muntik na nya kong sugurin kung hindi lang nya nakita si Jay-jay sa likod ko.

*Come on. Show me your capability.*

**"Aries. Bakit andyan ka?"** I heard his mother or more like his Auntie. **"Gising pa ba si—."** She stop when she saw me. **"K-keifer... P-pano ka nakapasok?"**

**"Sorry for entering your house without permission."** I said and look down.

Kita ko na parang natataranta sya. She even put her hand on top of her chest.

**"Wag mo lang uulitin."** She look at Jay behind me. **"Pwedeng lumabas ka na dyan?"**

Tinignan ko muna sandali si Jay-jay bago tumango sa kanya at naglakad palabas. Mabilis nilang sinara ang pinto bago ako hawakan ni Tita sa braso. Bahagya nya kong hinatak.

**"Bukas mo nalang siguro kausapin si Jay-jay. Gabi na kasi. Tulog na sya."**

**"Si Angelo po ang pinunta ko dito."**

Bahagya syang natigilan pero ngumiti pa rin sya sakin.

**"Dun mo nalang siguro sya hintayin sa sala."**

Halata pa rin ang kaba sa kanya. Alam kong meron syang ibang naiisip dahil sa naabutan nya ko sa kwarto. Idagdag pang walang nakapansin na nakapasok ako. Sinabayan ko sya sa paglalakad.

**"You don't have to worry. I did nothing to Jay-jay."**

Nagpilit sya ng ngiti kasabay ng pagbitaw sakin.

**"Hindi naman sa ganun. Ayoko lang magising si Jay-jay. Hindi pa kasi sya nakakabawi ng tulog. Lagi syang puyat sa kakaiyak sa gabi."** She explained.

I nodded shortly to accept her explanation. Pero alam kong hindi yon ang tunay na dahilan. Natatakot sya na baka may ginawa akong hindi maganda kay Jay-jay.

Nakarating kami sa sala.

**"Upo ka muna. Ikukuha kita ng juice."** Sabi nya pero agad ko syang pinigilan.

**"Tita..."** She looks at me confusedly. **"May gusto po sana akong itanong."**

Ngumiti sya sakin. **"Ano yon?"**

**"Totoo po bang..."** Napabuntong hininga ako. **"...alam nyo kung nasan ang anak ni Dad bago ako?"**

Nawala ang ngiti nya. **"A-anong... Hindi k-ko maintindihan."**

**"May naunang anak ang halimaw kong Ama. And Mom told me that you know where he or she is?"**

She turn pale. Napahawak din sya sa dibdib nya.

**"H-hindi ko alam! Wala a-akong alam!"** Unti-unti syang umatras. **"A-alis na ko!"**

*She knew!*

Agad ko syang hinarang na kinabigla nya.

**"Just tell me the truth and I won't bother you anymore."**

She harshly shook her head. **"W-wala talaga akong alam."**

Hinawakan ko sya sa magkabilang braso. Pinilit nyang hawiin ang mga kamay ko pero hindi ko sya binitawan.

**"Please... Tell me where's my half sibling is."**

**"Wala t-talaga! Bitawan mo n-na ko!"**

**"You don't understand—."**

May biglang humatak sakin palayo sa kanya. Kasunod non ang pagtama ng kung kaninong kamao sakin. Tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig.

*Fvck! It's the fvcking Demon.*

**"What the hell Keifer?! What the fvck are you doing with my Mother?!"** Angelo said while hugging her mother.

I wipe my lips using the back of my hand. Tumayo din ako at inayos ang sarili ko.

**"T-tama na Angelo. Wag mo ng saktan yung bata."** His mother said while pulling him closer.

**"Anong nangyari?"** It was Aries. **"Anong ginawa mo Keifer?"**

**"Leave now! Baka hindi kita matantsa!"** Angelo hissed at me.

**"Kailangan kitang maka-usap!"**

Dinuro nya ko. **"Hindi kita gustong maka-usap!"**

**"Just call Ervin Schnee and give him your permission!"**

Bigla syang huminto kahit galit na galit pa rin sya sakin. Ilang beses syang huminga ng malalim.

**"Hintayin mo ko sa labas."** He said before he face his Mother.

Mabilis akong naglakad palabas. Huminto ako sa tapat ng kotse ko bago ko nasabunutan ang sarili ko.

She knows something. Hindi sya magre-react ng ganun kung wala syang alam. Kailangan ko syang mapa-amin. But how?

Almost one hour din akong tumayo sa labas ng bahay nila bago nakita si Angelo na lumabas at naglakad palapit sakin.

**"Hindi ka sa sasali sa fraternity."** Bungad nya sakin.

**"What?!"**

**"Hindi kita hahayaan na makasali sa grupo na yan."**

**"Ano bang problema mo sakin?!"**

**"You have to leave."** He said and turn around.

He's about to leave me. Hind pwedeng matapos to ng ganun nalang.

**"Bakit ba ganun mo nalang ako pagtabuyan? Is it because of Jay-jay? Because of the accident with Aries and Percy? Or something else?"**

He stop and slightly look at me. **"And what do you mean?"**

**"Hindi ka naman mang-gigigil na itaboy ako ng dahil lang sa mababaw na dahilan. Maybe you know something that I don't."** He still doesn't move. **"...Where is my half sibling?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 282

**A/N:** Maikli lng itey. Naiiklian akes.

**Shoutout!**

Pricess Jasmine
Casuphea
Keith
Carys
Aleah
Bethel
Fiona
Gella
Kristine Diaz
jp_kez
Blazerthink
Mystica Quintana

**Happy Birthday!**

Georgiavlove
kimmylicious26
JemaBernardo
Rochel Sula
Caelwrites
Jerold (TNE)

Sorry sa wrong grammar.

**Snorlax**

***Keifer's POV***

Angelo's words are recorded in my mind. A broken record that keeps playing. Paulit-ulit na nagpapasakit na ng ulo ko.

*He's alive.*

Meron nga akong kapatid na mas matanda sakin at lalaki pa. The inherits or my inherits are now in jeopardy. Kailangan ko syang mahanap before he founds out about our family.

Napatingin ako sa palapit na Honey. Dala nya ang regalo na pinabalot ko sa kanya.

**"Done."** She said before handing the gift to me.

**"Thanks."** I said in a plot tone.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinignan kung may reply na ba yung Ervin. But there's none. Pabato ko nalang na binitawan ang phone sa coffee table.

Naupo ang Honey sa katapat kong sofa. He looks at me and my phone until she notice my other phone. The one that I use to contact Jay.

**"Bago phone? Para saan to?"** She's about to pick it up but I grab it first.

**"It's my private phone."**

She pouted her lips. **"Alam ba ni Keigan yan?"**

**"No. Better not to tell him."**

**"Bahala ka..."** She said and stand to leave. **"...Kapag nag-away na naman kayo hindi ka na namin pagtatanggol sa kanya."**

Hinayaan ko nalang syang umalis. Keigan are becoming more bossy each day. At kapag nag-aaway kami tungkol sa kung sinong dapat na masusunod, the next thing is he will act different. Minsan magtatagal sya ng ganun but most of the time sandali lang.

Mukang nakukuha na rin nya ang stress ko sa mga nangyayari. Last night we received a call from one of my cousins. He ask me to celebrate my birthday Watson style and they will organize everything.

Alam kong my plano sila kaya naman tinanggihan ko. Pakiramdam ko sumisipsip lang sila dahil malapit na ang birthday ko at ang araw ng nagpapasa sa pangalan ko ng lahat.

Sa bawat araw na dumarating, mas lalo akong nahihirapan. Para akong sinasakal.

I gripped my phone out of frustration. Bago ko pa man mabasag yon, naisip kong itext so Jay-jay. Babatiin ko sya since it's St. Valentine's day. Nakangiti pa ko habang pinipindot ang send.

Not that long when I received her reply. I laugh so hard when I read it.

**From:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *Pakyu!*

*Profanity!*

Keep cursing. I'm mentally listing it. At least nabawasan ang bigat na nararamdaman ko. Jay-jay really knows how to make me feel better. How I wish I can do the same to her.

Minabuti kong umalis na papunta sa birthday party ni Ci. Dala ang regalo kong pinabalot kay Honey. I put it at the passenger seat of my car. Normal lang ang patakbo ko dahil wala naman akong dahilan para magmadali.

Narating ko ang building ng condo ni Ci. Pagmamay-ari to ng mga Peralta. Not sure though which one own this. Maybe his brother or sister.

Bumaba na ko dala ang regalo ko. Hindi ko alam kung saan ang mismong event kaya minabuti kong pumunta sa unit ni Ci. Pagkadating don, I press the doorbell button.

**"Keifer? Hi..."** It was his mother. **"...pasok ka."**

I did what she said. Kumpleto ang pamilya ni Ci-N pero hindi ko makita sa muka nya na masaya sya.

**"Mr. Watson! Nice to see you here."** His Dad greet me and offer his hand for a handshake.

I accepted it and gave him a short smile. **"I came here to give it personally."**

Inabot ko kay Ci-N ang regalo ko. He smile widely while accepting it.

**"Happy Birthday."** I added.

**"Salamat! Pwede ko na buksan?"** Patukoy sa regalong hawak nya.

I nodded shortly giving him the permission. Binuksan nya ang regalo habang kagat ang labi. Napatingin ako sa mga bukas na regalo sa coffee table nya. Most of the gifts are gadgets and shoes. Probably from his family.

**"Ano to?"** He said while reading the certification. **"Ownership? Jet plane?"** Nanlaki ang mata nya at napasigaw sa tuwa. **"It's a real jet plane? For me?"**

Kita ko ang pagtataka ng parents ni Ci kaya kinuha nila ang natitirang laman ng regalo. The manual, contract and target design of his plane. Lahat sila puno ng pagtataka.

**"Y-you're giving my son a private jet plane?"** His father ask before looking at his wife.

**"Yes, but he can't use it now."**

Tinignan pa ni Ci ang ibang laman ng regalo. Hindi mawala ang ngiti nya lalo na ng makita nya ang toy figure ng magiging eraplano nya. His name was written on its tale.

**"Astig! Kelan ko to makukuha?"**

**"When you turn 21. Meron ka pang oras para nag-aral ng piloting."**

Agad na napatingin sakin ang buong pamilya nya. Halatang kontra sa sinabi ko.

**"I think that's impossible. Papasok na kasi sya ng Medical School after highschool."** His Mother explained.

**"I know, but no one can fly that plane. Its voice recognition process."**

Agad na napailing ang Kuya nya. Kasunod non ang pag-alis nya ng hindi nagpapa-alam sa kahit kanino samin.

*Someone is pissed off.*

**"I think I'll wait outside. Baka dumating na mga friends ko."** His sister said and followed their brother.

**"May eroplano na ko!"** Ci-N said while playing with the toy figure.

Hinarap ako ng Tatay ni Ci at seryoso akong tinignan.

**"Can we talk outside?"**

Alam ko na ang sasabihin nila pero pumayag pa rin ako. Lumabas kami ng unit ni Ci.

**"Mukang kailangan mong bawiin ang regalo mo."** He said and force a smile. **"...My son will be the most successful doctor of our family. Ayokong malihis ang pinag-aaralan nya."**

**"No worries Doctor Peralta. Sandali lang naman ang Piloting sa lagay ni Ci. Makakapag-aral pa rin sya sa Medical School."**

Napabuntong hininga sya. **"We appreciate your gift, but please don't push my son to take piloting."**

**"I'm not pushing him. Nasa kanya nalang kung mag-pilot pa rin sya o ibenta nalang nya ang eroplano."**

Bigla nalang bumukas ang pinto ng unit. Sabay pa kaming napatingin don. It was Ci-N and his Mother.

**"Sa rooftop na tayo!"** He shouted while raising his hands.

**"Stop shouting."** Sita ng Nanay nya.

Binigyan ako ng makahulugang tingin ng Tatay nya bago kami naglakad papunta ng elevator. Wala pa rin tigil pag-ngiti si Ci. Paminsan-minsan pa syang kume-kembot dahilan para kurotin sya ng Nanay nya.

**"Aw... Aw... Sakit."** He said while scratching his back.

Pagbukas ng elevator magkakasunod kaming lumabas. Sa fire exit kami dumaan papunta sa rooftop. As expected it was a birthday party for a 7 years old.

Tapos magagalit sila kung bakit isip bata pa rin si Ci. Yet they still spoiled him like a child.

Nakita kong naghahanda na yung ibang mascot na suotin ang mga costume nila. Most of them are males. Nakita ko pa ang isang Snorlax.

*Jay-jay will definitely like you.*

But I don't like the idea that she will hug this Snorlax. Lalaki ang may suot ng costume, pano kung manyakin nya si Jay-jay? I'll break his neck and bury him while still wearing that costume.

**"Keifer."** Someone called me.

It was Felix with David and Rory. I look behind them and check if everyone is here. We're almost complete. *Almost.*

**"Nabigay mo na regalo mo?"** Yuri ask me while offering me a drink.

An orange juice drink.

**"Yeah."** I said after accepting his offer.

**"Hindi na ko magtatanong. May alam naman na ko sa kung anong regalo mo."** He said and smile.

Nagkibit balikat lang naman ako bago maghanap ng mauupuan. I saw Calix sitting alone while her girlfriend is a bit away from him.

*LQ?*

Napansin ni Edrix ang tinitignan ko kaya inunahan na nya kong magsalita.

**"Nalaman na kasi ni Mica yung ginawa natin kay Jay. Kaya ayan... Mukang nagbabanta na ng break up."**

**"Aw..."** It was Eren while holding his chest as if he's in pain.

**"Wag na inisin. Baka mapikon pa satin yan."** Kit immediately stop him and the others that about to start.

Naupo nalang ako sa tabi ni Josh na tahimik na nag-o-obserba sa iba. Yuri sits beside me.

**"Tingin mo darating si Jay?"** I heard Denzel talking to Blaster.

**"Darating yon."** He answered.

**"Pano kapag hindi."** Singit ni Drew sa usapan nila kaya napatingin na ang iba sa kanila.

**"I'll pick her up then."** David said that makes me look at him deadly.

*Grim reaper will pick you up.*

**"At bakit ikaw ang susundo sa kanya?"**

**"Dahil hindi sya sasama kung ikaw ang susundo sa kanya."** He said in a-matter-of-fact tone.

" *Burn Baby Burn...*"

"*Roasted chicken are the best.*"

"*Where's the burn area?*"

Sunod-sunod na pagre-react nila. Meron pang sumipol na lalo ko pang kinainis.

**"What makes you think she'll come with you?"** It try my best to remain calm.

**"Instinct."** He said shortly.

Tumalikod sya samin at mabilis na naglakad paalis. Palalagpasin ko sya ngayon pero sa mga susunod na araw na makikita ko syang gumagawa ng hakbang kay Jay-jay, I'll break his spine.

**"Bakit hinayaan mo?"** Yuri whispered.

**"Sa ngayon sya palang ang nakakalapit kay Jay-jay na walang panunumbat na natatanggap."**

I just hope Jay will really come. Maliit nalang ang panahon na mag-stay ako dito. Sooner or later we'll travel back to London. Sinusulit ko lang ang panahon na andito pa ko at pwede ko pa syang makita. Siguradong magiging busy ako pagdating don.

Nag-sisimula ng kumuha ng pagkain ang iba. I'm not in the mood to eat yet. Awtomatiko akong napatingin sa pinto ng fire exit.

*Please... Jay.*

Muntik na kong mapatayo ng makita kong bumukas yon. I hold myself immediately. Baka hindi ako makapag-pigil mayakap ko sya. Pero hindi si Jay-jay ang taong lumabas mula sa pinto. It's Rakki.

Hindi ko pa rin inalis ang mga mata ko sa pinto. Hoping to see a very familiar person. Muling bumukas ang pinto at lumabas nga ang pamilyar na tao. It's David and he's holding a huge Jar with a ribbon. Tinignan ko kung may kasunod sya pero wala na.

Binaba ni David ang hawak sa lamesa ng mga regalo then he walk closer to us.

**"Where's Jay?"** I ask.

Tinuro nya ang pinto n Fire Exit. **"Ayaw lumabas."**

Bigla nalang tumakbo si Ci-N papuntang Fire Exit habang sunod-sunod na sumisigaw ng '*Jay-jay*'. Hindi ko napansin na lumapit pala sya samin.

**"Si Ci-N ng bahala sa kanya."** Sabi ni Eren habang kumakain ng cake.

*Sana lang hindi sila mag-away.*

Nakita kong tumabi si Rakki kay Mica at sandali silang nag-kwentuhan. May hinala ako na sila talaga ni Jay ang magkasama at hindi sya sinundo ni David.

Not that long when the Fire Exit door open again. Sa pagkakataon na to, kasama na si Jay-jay. Niligid nya agad ang paningin nya. Namangha siguro sa Party. Nakita ko ang paglapit ni Rakki at sandali nilang pag-uusap.

**"Told yah she'll come."** Pagyayabang ni David.

I rolled my eyes. Malamang naman na hindi nya sinundo si Jay-jay. Malakas ang kutob kong magkasama sila ni Rakki na nagpunta dito. Ang bilis kaya nyang nakabalik.

*Asshole.*

I look back at Jay-jay whose currently talking to Rakki. Out of nowhere she stand up and shout while pointing at Snorlax. Pero ang hindi ko inaasahan ang sunod nyang ginawa.

Niyakap nya si Snorlax.

Hugging is Snorlax is okay. Snorlax hugging her back is okay. Knowing that there's a guy inside the Snorlax mascot is NOT OKAY! And it will never be!

Pinilit kong kumalma. That guy is doing his job. To wear a mascot and play with the kids. With the kids....*Jay-jay is not a fvcking kid and it's not part of his job!*

Mabilis akong tumayo at sumugod sa kanila pero mautak si Jay-jay at agad na tinulak si Snorlax palayo. Sinubukan ko silang sundan pero dahil sa mga batang nagtatakbuhan at sumasalubong sakin nahihirapan ako. Hanggang sa nawala na nga sila sa paningin.

Where the fvck are they? Mahanap ko lang ang Snorlax na yon, ilalaglag ko sya sa building na to.

Hindi ko sila makita. Idagdag pang ang gulo-gulo ng mga bata na to. I don't think this party is for Ci-N. Napilitan akong bumalik sa table namin at maupo ulit sa tabi ni Yuri. But my eyes are still searching for that Mascot.

**"Letting go, but here you are searching for your next victim."** Parinig ni Yuri and I gave him a death glare.

Bumalik ako sa paghahanap ng pokemon. Until I saw him walking and playing with the kids.

**"Found you! Son of a b!tch!"** I said before walking toward him.

I'm plotting a plan in my mind on how I will kill him. Hinawi ko ang ilang bata para makalapit ng mabilis. Dinampot ko sya palayo na agad naman nyang kinataranta.

**"*Sir!*"** I heard from the inside of the mascot.

**"I will kill you for hugging my girlfriend!"** I said and about to throw him out of this building.

**"*Sir wag po!*"**

Napahinto ako ng may ideyang bigla nalang pumasok sa isip ko. Jay-jay likes hugging Snorlax.

Hinarap ko ang mascot at sapilitang hinatak ang nasa ulo nya. Kita ko ang takot nya sakin.

**"Hubarin mo yang costume."** Utos ko.

**"Po?"**

**"Hubarin mo na!"**

**"Makakagalitan po ako ng Boss ko."** Sabi nya at napapakamot na sa ulo.

Kinuha ko ang wallet ko at kumuha ng pera. Inabot ko sa kanya yon na taka naman nyang tinignan.

**"Bumili ka ng bagong Boss na hindi ka kakagalitan."** I said and force him to accept the money.

Napilitan syang ilabas ang kamay mula sa suot na costume at tinanggap ang pera.

**"Seryoso po Sir?"**

**"Ibigay mo nalang sakin yang costume. Then leave. I don't want to see you here anymore."**

Hinuban nya ang costume na agad ko namang kinuha pata suotin. Tinulungan nya pa ko at bago isuot ang nasa ulo tinanong pa nya ko.

**"Seryoso Sir? Anong balak nyo?"**

**"None of your business!"**

Napakamot nalang sya ulit bago sinuot sakin ang hawak nya para makumpleto ang mascot. Nahirapan akong maglakad nung una pero ng makuha ko na ang technique nagamay ko na ang kilos sa loob. Mainit din at may kakaibang amoy but I don't care.

Hinanap ko si Jay-jay but she's busy talking to the birthday boy. Ayoko namang agawin ang eksena kaya hinayaan ko muna sila. Ci-N is crying and apologizing while Jay-jay is smiling genuinely.

*Someone is forgiven.*

I waited for them to finish talking until I saw Ci-N carrying his gift. Pero wala si Jay-jay—.

**"Bulaga!"**

Muntik na kong mapatalon dahil don. Tinignan ko biglang sumulpot at yumakap sakin. Napangiti ako ng makilala sya. I hug her back.

*My Jay-jay is hugging me.*

She smiled while looking at me. How I miss hugging her. I feel so overwhelmed. Ayoko ng bumitaw. Dito nalang ako kung lagi naman nya kong yayakapin.

**"Pasensya kana kanina ah? May topak kasi yung Hari ng mga Ulupong."** She said that makes my forehead crease **"...hindi maintindihan ang gusto sa buhay."**

Ganun na ba sila ka-close nung lalaking orihinal na may suot nito at nagagawa na nyang makipag-usap ng ganyan.

It doesn't matter. Ang mahalaga magkayakap kami ngayon. Mas lalo kong hinigpitan ang yakap sa kanya at buti nalang na hindi nya pinagtaka.

**"Sana totoo'ng may snorlax sa mundo. Para pwede kong padaganan yung Dimunyung Ulupong na gumugulo sa isip at puso ko."**

That Ulupong is definitely me. Mabuti nalang at walang totoong Snorlax.

Sabihin mo na lahat ng gusto mo sabihin. As long as you hug me. Kahit laitin mo pa ko. I won't give a fvck!

**"...Hindi bale... Makaka-move on din ako sa peste na yun. Mawawalan din ako ng feelings sa kanya, at hindi na ko makapag-hintay."** She said that makes me stop.

Did she just said the word '*Move on*'? No! Hindi pwede! Hindi sya pwedeng maka-move on sakin. Not now! And its never!

Binitiwan ko sya at tinignan.

**"I won't let you!"** I shouted and remove the head thing.

Bahagya syang lumayo sakin kasabay ng panlalaki ng mata.

**"I won't let you move on. I won't let you fall out of love. I won't allow it."**

Hindi sya nakapag-salita. Bahagya akong humakbang palapit sa kanya.

**"You can't do that! You can't move on and forget everything that we've done!"**

Sa halip na sagutin ako kagaya ng lagi nyang ginagawa. Bigla nalang syang tumakbo palayo sakin. I chase her as fast as I can but this costume is giving me trouble. Kung saan-saan sya nag-su-suot kaya mas lalo akong nahirapan.

Pinagkaguluhan din ako ng mga bata kaya mas lalo akong nahirapan. Until I saw Jay t the top of the inflatable slide.

**"We need to talk!"** Sigaw ko pero umiling lang sya.

Baba na dapat sya pero nagbago ang isip nya at bigla balang nag-slide pababa. Akala ko mapipigilan ko sya but because of this costume tuloy-tuloy akong tumilapon.

**"Damn it! Remove this thing from me!"**

Pinilit ko ulit tumayo pero nahihirapan na ko. Hanggang sa may tig-dalawang braso na tumulong saking tumayo. It was Rory and Edrix whose laughing at me.

**"Seryoso Keifer?"** Nakatawang tanong no Edrix at napapailing.

**"Stop laughing and help me remove this thing."**

Tinulungan nila akong alisin ang suot kong costume. Para akong nakawala sa kural at nakahinga ng maluwag. Inabot ko kay Rory ang Snorlax costume na yon.

**"Itabi mo. Iuuwi ko yan."** Napailing nalang si Rory habang natatawa.

I immediately search for Jay-jay but she nowhere to be found. I saw Ci-N walking while holding a balloon.

**"Ci. Kailangan ko ng lugar kung saan pwede kong maka-usap si Jay."**

**"May unit pa kong isa. Dyan lang pagpasok mo ng Fire Exit."** He said and gave me the room number and door code.

Bumalik ako sa paghahanap kay Jay-jay. Nalibot ko na ang rooftop. Almost 30 minutes din bago ko sya makita.

**"We need to talk."** I said and grab her hand.

Hindi sya pumalag o nagreklamo kaya naman tuloy-tuloy akong naglakad papunta sa kwartong tinuro sakin ni Ci.

Hindi pa rin sya kumikibo kahit nasa loob na kami ng unit. Sigurado na ko. Sasabihin ko na sa kanya ang totoo. Hindi ko na pahihirapan ang mga sarili namin.

**"I will explain to you every—."** Isang malakas na sampal ang nagpatigil sakin.

Anger consume me but I need to control it. Hindi ako pwedeng gumawa ng ikasasakit na naman nya.

**"Sakit ba? Kabila naman, para pantay."** She said sarcastically.

Huminga ako ng malalim para kontrolin ang galit ko.

**"I deserve this."** I said in plot tone.

She chuckled bitterly. **"Buti alam mo dahil TANGINA MO! GIGIL NA GIGIL NA KO SAYO! Gusto kitang balian ng buto."**

I bit my lips and look away. Maybe I push her to her limit. Hindi ko na dapat pinatagal to. Sinubukan ko syang lapitan at hawakan sa magkabilang braso pero hinampas nya ang kamay ko.

**"Wag mo kong hahawakan!"**

**"Let me explain."** I said calmly.

*Please listen to me.*

**"Explain what? Sige nga, parinig nga ng panibagong kasinungalingan mo."**

Lumunok ako para alisin ang pagbara sa lalamunan ko. Gusto kong makinig sya. Gusto kong pakinggan nya ang paliwanag ko.

**"Jay..."** I almost beg. **"...I understand that you're mad but please listen to me."**

**"Ge lang! Explain mo lang... Kasi gusto kong maintindihan kung bakit mo ko pinag-lalaruan. Kung bakit mo ko pa-ulit-ulit na sinasaktan. Kung bakit eto ka na naman at ginugulo ako."** She gave me a fake smile. **"...Explain mo lang. Baka sakaling malinawan ako at maging dahilan yun para makalimutan ko na ang nararamdaman ko sayo."**

NO! Hindi sya pwedeng mag-move on. Hindi nya pwedeng kalimutan lahat ng ganun lang.

Hindi ko na napigilang suntukin ang pader. I breathed heavily. There's so much pain in my chest right now.

**"I told you. I won't let you."**

**"Sino ka para pigilan ako? Bakit? Hindi ba't ikaw din ang dahilan ko kaya gusto ko ng makalimot? Tapos ngayon hindi mo ko hahayaan? ANG KAPAL NG MUKA MO!"** She starts to cry and its giving me more pain. **"...Ayoko na. Ayaw na kitang mahalin."**

**"Hindi pwede."**

**"Ayoko ko na!"** She shouts.

**"Hindi pwede."** I repeated.

**"Tigilan mo na ko! Hindi na kita kayang mahalin!"**

**"Hindi pwede."**

**"Tama na! Wag mo na ko pahirapan!"**

*Please stop!*

**"Hindi pwede!"**

**"Bakit ba ayaw mo kong hayaan?! Bakit ba?! BAKIT?!"**

**"DAHIL HINDI KO KAYANG MAWALA KA!"**

Hindi ko na napigilan ang mapasigaw kasunod ng pagpatak ng luha galing sa isang mata ko. Nasasaktan akong marinig na tuluyan na syang mawawala sakin. Hindi ko yon. Hindi ko kakayanin.

Pano pa ko magpapatuloy kung mawawala na ang dahilan ko para lumaban.

**"Hindi ko kakayaning mawala ka. So, please... Don't move on."** Paki-usap ko.

Bigla nalang syang umiyak ng malakas. Alam kong nahihirapan na din sya. Hindi ko naman ginusto to.

*Wala akong ginusto kundi ang masigurong ligtas ka.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Twitter:** @lareypot
**Instagram:** @lareypot
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 283

**A/N:** Ang swimming natutuloy kapag biglaan. Yung tipong nagkita-kita lang para manood ng pine-tensya nagka-ayaan na sa resort nung hapon. Hahaha...

**Happy Birthday!**

BloodyInnocentGirl
pchast
Ms_Yours
cuteeeelngggg
Rachelle Daroy
Jackielyn Versoza
Keith Leira
Jane Santos
Shanne Tiago
☕KatrinaMarieArnaiz
Kasishiela Marie Ancheta

Happy Birthday to Clefford Millos and to me! Yey!

Sorry sa wrong grammar at spelling.

**Spaceship**

***Keifer's POV***

**"Nahanda mo na mga gamit mo?"**

Lumingon sakin ang Keigan na kasalukuyang tulala. Napataas ang kilay nya habang nakatingin sakin.

**"Bakit ko ihahanda ang gamit ko?"** He look so confuse.

*Not again.*

I release a heavy sighs. **"Tell me Keigan, do you have a problem?"**

Umiling sya. **"Do I look like I have a problem?"**

Napahawak ako sa baba ko. Sa bawat araw na hindi ko nakikita si Keigan parang mas nagiging ibang tao sya. May mga araw na Bossy sya at may mga araw na parang hindi nya kami kilala.

**"Anong pangalan ko?"** I ask him and he laugh.

**"You don't remember your own name anymore?"** He said while laughing.

I look at him straight in the eye. **"What is my complete name Keigan?"**

Mukang nahalata nya na seryoso ako. Bahagya syang nagkamot ng ulo.

**"Mark Keifer Watson."**

**"What's the name of your younger brother?"** Mabilis kong tanong matapos nyang sumagot.

**"Mike Keiren Watson."**

**"What is your whole name?"**

**"Mir Keigan Watson."**

**"Saan mo nakuha ang peklat sa gilid ng kanang hinlalaki mo sa paa?"**

**"Sa laruan mong sira na nakakalat sa kwarto mo."**

**"How old are you when you found out that you have astigmatism?"**

**"14 after having headaches."**

**"Where did you hide Keiren when you decided to scare him?"**

**"Basement. Besides your favorite room—what is this all about?!"**

**"Just checking your memory."**

Inis syang tumawa bago tumayo at lumakad paalis. Napahawak ako sa sintido ko. Okay lang sya kung titignan pero bakit parang may mali talaga sa kanya. I don't want to force him to tell me. Baka lalo lang syang lumayo sakin.

**"Keifer! You ready?"** It was Honey while walking toward me.

Tumayo ako at inayos ang necktie ko. Kinuha ko ang coat na nakapatong sa sandalan ng sofa at pinagpag yon bago suotin.

**"I'm ready."** I said and walk.

Sumunod naman sya sakin dala ang mamahalin nyang bag at isang kulay pink na brief case. Ako tuloy ang nagmumukang secretary dahil sa kaartihan nya.

**"Sabi ni Uncle, marami sa mga investors nila ang umatras dahil sa issue ng Data breach. Bakit ka pa mag-invest sa kanila?"** Tanong nya habang tinatago ang papel na hawak sa breif case.

**"Kilala ko ang Vice Chairman nila. He said before that there's no such thing as loosing. It's only winning or learning."** I press my car key to unlock my car. **"Mag-i-invest ako sa kanya dahil alam ko na hindi sya susuko. Ganun tao ang mahirap pabagsakin sa mundo ng business."**

Pumasok ako sa loob ng kotse at ganun din ang ginawa nya. I drive smoothly to our destination. Balak kong mag-invest sa company ng kaibigan ni Angelo.

Si Tiger ang nagsabi sakin ng kasalukuyang problema ng company nya. Hindi lang naman pera ang dahilan kung ako mag-invest sa kanya. Alam kong kakailanganin ko din sya in the future.

Nakarating kami sa address na binanggit ni Honey. Malaki at hindi ordinaryo ang building ng company nila. Hindi na ko nagtataka dahil dati pa man din nagpapakita na sya ng yaman sa lahat.

**"Pagkatapos nito kain tayo ah? Gusto ko ng steak."**

My forehead crease. Tapos magre-reklamo sya na tumataba sya pero puro karne naman kinakain nya.

*Kaya siguro ayaw kang ligawan ni Felix.*

Pagpasok sa loob sinalubong kagad kami ng mga empleyado. Nakangiti sila samin at halos sabay-sabay na bumati.

**"Hinihintay na po kayo ni Mr. Richardson."** Sabi ng isang lalaki.

I simply nodded before following him. Lumapit kami sa elevator at ng bumukas yon, apat lang kami na nasa loob.

**"May gusto po ba kayong i-request? Coffee, tea or cola? Gusto nyo din po ba ng makakain habang nasa meeting?"** Tanong sakin ng isa sa kanila.

It was Honey who answered. **"Café latte and whiskey."** She said while typing on her phone.

**"Whiskey?"** Pag-ku-kumpirma nila.

**"If you have none, Champagne of Red wine will do."**

Inayos ko ang butones ng suot kong coat. Hindi ko alam kung bakit pero parang bigla akong kinabahan. I don't usually feel nervous when I'm sure about what I'm going to do. This is the first.

Nakarating kami sa floor ng opisina ng pakay ko. Kumatok muna yung lalaking nag-assist samin bago buksan ang pinto.

Nakakadalawang hakbang palang ako ng makita ko kung sinong nasa loob. It was Mr. Richardson and the one and only.... *Angelo.*

**"Mr. Watson. Mabuti naman at dumating ka na."** Sabi ng taong pakay ko.

**"Mr. Richardson."** I said and walk closer to them.

He offer his hand for a handshake and I accepted it. Hindi ko maiwasan na hindi tignan si Angelo. Seryoso syang nakatingin samin habang nakaupo sa mahabang sofa.

Mukang ito ang dahilan kung bakit ako nakaramdam ng kaba.

**"Stop calling me Mr. parang wala tayong pinagsamahan. Call me with my nickname."**

**"Don."** I said and he nodded.

Sinenyasan nya kaming maupo at ganun na nga ang ginawa ni Honey. Agad na lumipat ang atensyon ni Don sa kanya.

**"And who's this beautiful woman?"** Lumapit si Don sa kanya at inabot ang kamay nya para halikan ang likod non.

Mabilis na inagaw ni Honey ang kamay nya. **"Keifer's secretary."**

Hinarap ako ni Don. **"Such a shame. You keep her only as a secretary."**

**"We're both taken."** We said in unison.

Muntik ng tumaas ang kilay ko. Wala naman syang boyfriend kaya pano sya naging taken.

*Maybe she has an imaginary one.*

Napatingin ako kay Angelo ng bigyan nya ko ng makahulugang tingin. Alam kong alam nya na si Jay-jay ang tinutukoy ko.

**"Really? With each other?"** Don said and laugh.

I shook my head. **"No. With his cousin."** Tinuro ko si Angelo.

He look at him in disbelief. Bumalik pa ang tingin nya sakin bago ulit sya tignan. Bigla nalang tumawa ng malakas si Don. Dinuro pa nya ko at si Angelo habang napapailing.

**"For real?"** He ask while laughing so loud.

Nilapitan nya si Angelo at tumawa sa mismong muka nito. Nanatili naman syang hindi gumagalaw habang tinitignan ako ng masama.

**"Seriously Angelo? You teach him to hit woman and ended up hitting your cousin."** He said and Angelo suddenly look at him deadly. Huminto sya sa pagtawa at inayos ang necktie. **"Sabi ko nga shut up na nga."**

**"Umpisahan nyo na ang meeting nyo. May pag-uusapan pa tayo kaya bilisan nyo."** Angelo said and Don press the intercom to call his secretary.

**"Send the papers here now."** He said.

I sit just across Angelo. Hindi tuloy ako mapakali dahil sa pagtitig na ginagawa nya sakin. Para nya kong tinutunaw sa ginagawa nya.

*What the hell is wrong with him?*

We started the meeting with Mission and Vission. The work done and events that they held before. I ask few questions that Dan immediately answered.

With complete details we finish our meeting less than two hours. Angelo patiently waiting for us to finish. He never say a thing while watching us.

**"So, would you like to close the deal now?"** Don ask me.

**"Sure."**

Tinawagan ni Don ang secretary nya at pinadala ang contract. Not that long when it came in and handed me the papers.

Binasa ko yon sandali bago pirmahan at ganun din ang ginawa ni Don. Matapos ang meeting naging tahimik kaming lahat.

*An awkward silence.*

**"Miss Beautiful."** Don called Honey. **"Can you leave us for a while? We have a private matter to discuss."**

Tinignan ako ni Honey. Tumango ako para bigyan sya ng senyales na umalis. Ginawa naman nya dala ang kopya ng kontrata at ng mamahalin nyang bag.

Halos sabay-sabay kaming tumayo paglabas ni Honey. Nagtaka pa kami nung una pero mukang iisa lang pala kami ng gagawin. Ang hubarin ang mga coat namin. Hinubad naman ni Don ang sa kanya kasunod ang necktie.

**"Magka-duktong talaga kayo ng utak no?"** Don said while pointing at me and Angelo.

Naupo ako matapos isampay sa sandalan ang coat ko. Ganun din si Angelo na kinakunot ng noo ko.

**"Anong pag-uusapan?"** I ask them.

They look each other first before answering me.

**"About the fraternity."** Angelo said. **"I want you to know what they did to us and what they'll do to you."**

**"Sasamantalahin ka nila. Ganun ang ginawa nila samin."** Don said.

I arch a brow. Sinasabi ba nila to para mawalan ako ng interes sa pagsali sa grupo nila?

**"Darating sila kung kelan gipit na ang tao. Syempre kapit sa patalim para mapasunod nila sa gusto nila."** He added. **"...Ganun ang ginawa nila kay Angelo at sakin."**

**"I know what you're doing. Sinasabi nyo to para hikayatin akong wag na sumali."** I chuckled.

They exchanged meaningful glances.

**"Kaya mo bang pumatay ng tao?"** Angelo said that makes me stop. **"That's their initiation."**

**"You can't be serious."**

**"We're dead serious Keifer."** Don answered me.

**"The more desperate you are the more they'll play with you. Sometimes they will ask you to do the most unexpected thing."**

I'm out of words. Hindi ko alam kung niloloko pa nga ba nila ko o totoo na ang mga sinasabi nila. But ending someone else life is no joke.

**"Anong pinagawa nila sa inyo?"** I ask them.

**"They ask me to kill someone but I didn't do anything. I'm not that desperate so they gave me different initiation."** Dan said and look at Angelo.

**"They ask the same and I almost did."** He said and look at me straight in the eye.

**"Why didn't you and who is it?"**

**"A kid. An innocent and clueless kid. He don't know anything about my agenda and I see no good reason to end his life. So I choose not to."**

Hindi sya kumukurap habang nakatitig sakin at sinasabi ang mga salitang yon. May kakaiba akong pakiramdam sa bawat salitang binibitawan nya.

*That kid...is there a possibility?*

**"Why are saying this to me?"**

**"Introduction."** Don said while gesturing his hands. **"Kilalanin mo muna ang grupong sasalihan mo."**

**"They only have few members. Most of them are old money, filthy rich or tycoon billionaires."** Angelo added.

**"Pano ka nakasali? Hindi ka naman ganun kayaman."**

He smirked. **"There are things that you haven't discover about me."**

**"Minsan hindi lang din pera ang usapan."** Don said but I doubt that.

Mula sa pagsali hanggang sa pagiging member may involve na pera kaya panong hindi pera ang usapan.

Kung totoo nga ang sinasabi nila, may chance na utusan din nila akong pumatay para lang maging member nila. Pero kung hindi naman ako sasali, saan ako kukuha ng mga kagaya nila. Malaking panalo sa side ko ang magkaroon ng mga alyansang kagaya nila.

I have to think wisely. Hindi lang para sakin to. Para to sa mga kapatid ko at kay Jay-jay. If I don't join their group, when will I meet another person like them?

*I'll just hope for the best.*

**"I still want to join."** I said without hesitation.

Malalim ang naging buntong hininga nilang dalawa.

**"Tigas ng ulo. Mana sayo."** Don said to Angelo. **"You spoiled him too much."**

**"Shut up!"** Angelo shouted at him before turning to me. **"Sigurado ka na dyan?"**

I nodded with full of confidence. Suntok sa buwan ang gagawin ko pero eto lang ang pumapasok sa isip ko.

**"Bibigyan kita ng oras Keifer."** He said. **"Matapos ang oras na yon, tatanongin ulit kita at kapag yan pa rin ang sagot..."** He look at Don first then face me again. **"...I'll recruite you."**

He stand up and walk out of the office. Naiwan kami ng kaibigan nya na nakasunod lang ang tingin sa kanya. Pagsara ng pinto saka palang kami nagharap ulit

He smirked at me. **"Just a reminder. Wala ng atrasan to kapag sinimulan mo."** I nodded. **"Wag kang pasikat or mayabang sa iba at higit sa lahat..."** He paused as if he's thinking then smile wickedly. **"...Kung sinong nag-recruite sayo, sya ang gagawa ng initiation mo."**

*Fvck!*

Si Angelo ang mag-recruite sakin. Fvck this! He'll definitely make fan of me. Pano kung mas worst pa? Shit! Sana pala kay Ervin nalang ako nagpa-recruite.

Narinig ko ang malakas na pagtawa ni Don.

**"Namu-mutla ka!"** He said and laugh so hard.

**"Whatever. I'm leaving."**

Dinampot ko ang coat ko mula sa sandalan. Tinalukuran ko na sya na busy pa rin sa pagtawa. Paglabas ko ng office nya si Honey agad ang sumalubong sakin.

**"Steak."** She said while grinning like a child.

Parang nakaramdam ang tyan ko sa sinabi nya. Bigla akong nagutom. Kaya kahit ayoko, tumango nalang ako. Nauna akong maglakad sa kanya at nakasunod naman sya sakin.

Maya't-maya ang pagbati samin ng mga employee na nasasalubong namin hanggang sa makarating kami sa parking.

**"I know a place."** She said and while checking her phone.

**"Just tell me the direction."**

I drive the car while Honey keeps telling me the direction. Hindi na ko sigurado sa tinatahak naming daan. Kung hindi lang ako umo-o sa kanila baka nag-drive na ko pauwi.

**"Liko ka dyan sa kanto na yan. Tapos makikita mo na yung—AYAN NA!"** Excited na turo nya sa steak house.

I look for a space to park when I notice a familiar car.

*Is that...Percy's?*

Pinarada ko agad ang kotse ng makahanap ng pwesto. Agad akong bumaba at ganun din si Honey. Mabilis ang hakbang kong lumapit sa kotse ni Percy.

**"Oy! Aanhin mo ba yan? May ganyang kotse ka na, di'ba?"** Honey said while waiting for me.

**"I know this car. It belongs to someone I know."** I said and look at the window of steak house hoping to see him....*and her.*

**"Sino?"**

My heart suddenly beats faster and louder. She's here with Percy. I can see her talking to him.

**"Ano nga? Sino nga? Andyan ba sa loob?"** He ask again while trying to look inside.

**"Jay-jay is here with someone."**

Napa-*oh* sya habang nakatingin sakin. **"Pinagpalit ka na?"**

My forehead crease. **"No."**

Inayos nya ang sarili. Sinuklay ang buhok gamit ang kamay. Tinampal din nya ng bahagya ang pisngi.

**"Naiintindihan kita. Tara na sa loob at pakitaan natin sya."**

Mukang iba ang iniisip nya. Muka ring hindi sya naniniwala sa sinabi ko.

**"What?"**

Hindi sya sumagot. Hinablot lang nya ko sa braso at hinatak papasok sa loob. Agad kong inayos ang sarili ko.

**"Table for two?"** An usher ask us.

**"Yes please."** It was Honey who answered.

Bago pa man makahanap ng pwesto ang kausap namin sinenyasan ko syang huminto muna.

**"Sir?"**

**"Follow me and I'll tell you where I wanted to sit."**

Hatak-hatak ko si Honey palapit kila Percy. They both don't see us which makes it easier for me to walk closer to them.

Huminto ako sa tapat nila at ganun din si Honey.

**"Keifer?"** Percy asks.

**"Percy..."** I said and turned to Jay. **"...Jay."**

She turn her head to face us and gave us a fake smile. **"Andyan pala kayo? Hindi ko napansin."**

**"Hindi napansin o hindi talaga pinansin."** It was Honey provoking her.

**"Pareho..."** Jay answered.

**"Maki..."** Honey called me. **"...pakilala mo naman ako dito sa friend mong blue eyes."**

I almost arch a brow. Hindi nya kilala si Percy? And why would she want to know him? Kahit nagtataka, ginawa ko pa rin.

**"Percy this is Honey Bee Raider. Pamangkin ng lawyer ko."** I tap her hands. **"...Honey, this is Percy Coll—Mariano."**

She offer her hand for a handshake and Percy accepted it.

Honey asks a question but I didn't hear her. My attention are all belong to Jay-jay. Hindi ko inaalis ang tingin sa kanya. I don't want to at baka pagdilat ko, wala na sya.

**"Tapos na pagpapakilala... Alis na kayo."** She said while smiling.

There's a bitter pain in my chest. Hindi ko maiwasan na hindi makaramdam ng sakit.

**"Rude."** It was Honey.

Gusto ko syang patahimikin dahil baka magsimula na naman sila ng away.

**"Jay, wag naman ganon."** Percy scolded her.

She obviously don't like it but choose to say nothing.

**"Tutal dito rin naman kami kakain, mind if we share a table?"**

Finally! Honey ask the thing that I want to ask before. Alam kong ko-kontra sila kaya agad ko silang inunahan.

**"That's a great idea."**

I hand signal the usher and tell them my request. Agad silang naglagay ng pares ng bangko at lamesa para samin. Agad na lumipat si Jay ng makita nyang paupo ako sa tabi nya.

Binigay samin ng waiter ang menu.

**"Red wine for four person."** I said and handed the menu.

Si Honey na ang nagsabi ng uri ng steak na gusto ko. Ayokong alisin ang tingin sa katapat ko.

Her short hair are waving a bit everytime she moves. Nung birthday pa ni Ci-N ko nakita ang buhok nya. Sadyang hindi ko lang pinansin dahil para sakin maganda kahit anong buhok nya.

*Kahit kalbo.*

**"So, panu kayo naging mag-step-siblings?"** Honey broke the silence.

Jay answered her.**"Paki mo."**

Muntik ko ng masampal ang noo ko. Nagsisimula na naman sila.

**"I'm not talking to you, i'm talking to him."** Honey pointed her finger to Percy.

**"I'm not talking to you too, i'm talking to..."** Searching for someone to point her finger. **"...him."** Ended up to Percy.

They exchanged glances before he agreed.

**"O-oo... Ako kausap nya."**

I shook my head in disbelief. Napilitan lang naman syang umo-o. Dumating ang order namin and we started to eat. Except for Jay-jay.

She's obviously having trouble slicing it.

**"Let me slice it for you."** I said and about to grab her plate but she handed it to Percy.

**"Paki-hiwa... Salamat!"** She said while grinning.

Gusto kong paliparin ang plato ko sa muka ni Percy. I just want to treat her like a queen. My Queen to be exact.

**"Percy, may girlfriend ka na ba?"**

I almost arch a brow to Honey. Halatang interesado sya sa kaharap.

Pano nalang kung malaman nyang kapatid ni Felix to?

**"W-wala..."** Percy answered uncomfortably.

Someone still haven't move on. Hindi ko din naman sya masisisi, masyado nyang mahal si Freya.

**"Comfort room lang ako."** He said and leave.

Hindi ko pa rin inaalis ang tingin kay Jay. Pagkakataon ko na para makausap sya ng maayos.

**"Honey..."** I called her. **"...make him busy."**

Mabilis na tumayo ang Honey. **"My pleasure."** She said and followed Percy.

Nakita ko na hindi na mapakali si Jay. Hindo sy pwedeng umalis. Hindi ngayon na may pagkakataon ako.

**"We need to talk."** I said.

**"You're already talking."**

*So savage.*

**"Listen to me..."** I started. **"...I don't know where to start—."**

**"Sa starting line."** She cut me.

My forehead crease and I'm starting to feel irritated. Niluwagan ko ang necktie ko na kulang nalang tanggalin ko na.

**"Okay..."** I release a heavy sighs. **"...Dun ako sa simula."**

**"Sa katapusan nalang para masaya."** She said while grinning.

She's testing my patience.

**"Jay... I'm trying to be nice here."** I said with authority.

Napainom na rin ako sa baso ng wine sa harap ko. Ayokong magalit ngayon. Hindi dito at hindi sa harap nya.

**"Please Jay. Gusto kong ipaliwanag sayo ang lahat. Kaya sana umayos ka at pakinggan mo ko."**

Naging tahimik sya kaya naman pumasok sa isip ko na hinahayaan na nya kong magsalita pero nakita ko ang malungkot nyang mga mata.

**"Tama na Keifer. Wag ka na magpaliwanag."** She said calmly but I can hear a bit of shake on her voice.

Ayoko na makita pa ulit syang umiiyak ng dahil sa pagtitiis na ginagawa ko. Handa na kong sabihin sa kanya ang lahat wag lang syang mawala sakin.

**"I have to. I want you to know everything."**

**"Ayoko na kasi..."** She looks down. **"...Ayoko ng makinig sayo."**

I bit my lips. Ayoko syang pilitin dahil baka lalo ko lang syang masaktan. Pero kung hindi ko sasabihin, kailan pa?

**"Tama na... Please. Napapagod na kasi ako**. **Napapagod na kong mahalin ka kahit wala naman akong ginagawa. Pinipilit kong lumayo sayo pero hinahatak mo ko pabalik."** I saw tears fell from her eyes.

Wag kang lumayo. Hindi mo kaylangang lumayo. Wala ka namang dahilan para layuan ako. It's my fault. I'm the reason of your pain.

**"Why? Why are you running away from me?"**

*I'm the one who should give you a space.*

**"Dahil yun ang dapat. Wala namang dahilan para mag-stay ako di'ba? Mahal kita pero hindi mo ko mahal. Tama ng minsan akong nagpaka-tanga sa panloloko nyo ayoko ng ulitin pa."**

No. That's not the right thing to do. You have lots and lots of reason to stay. I don't love you? Impossible! Truly impossible!

I didn't say a thing. I let her speak. I'm letting her say the things that she wanted to say before. All the pain and agony inside her.

**"Kung ako papipiliin, gusto ko ng umalis sa Section nyo. Kasi pinahihirapan ako ng presensya mo. Kapag andyan ka, parang dinudurog ang puso ko. Torture sakin ang pagpasok, k-kasi naalala ko lahat ng ginawa natin. Yung masasayang ala-ala nating lahat—t-tapos biglang kasinungalingan lang pala."**

She tries to hold her tears. **"Masakit..."** She pointed at her chest. **"...sobra."**

I badly want to wipe her tears.

**"Kaya please lang Keifer."** She looks at me. **"...Tama na."**

Maybe it's not the right time to tell her the truth. My presence gives her pain and every word from my mouth are like dagger that stab her.

Gusto kong sabihin ang totoo dahil baka mawala sya sakin pero kung ipipilit ko naman baka tuluyan na syang layuan ako. Sa ngayong sarado pa ang utak nya dahil sariwa pa sa kanya lahat ng ginawa ko.

Hindi sya pwedeng lamuyo pero yung ang presensya ko ang nagbibigay ng pasakit sa kanya, mas mabuti siguro kung ako ang umalis.

Binaba ko ang table napkin at tumayo para bahagyang makalapit sa kanya.

**"You..."** I started and lean closer to her. **"...You're making me crazy."**

She wipes her tear while looking at me confusedly.

Aalis ako kagaya ng gusto nya pero hindi para tigilan na sya. Gagawin ko to para masiguro na hindi na sya mahihirapan ng dahil sakin. I will work hard for us. I will do anything for us. Because....

**"I'm Mark Keifer Watson. I'm smarter than you think. I'm stronger than you know..."** I smirked. **"...And I'm the King of Ulupongs."**

Mula sa kinatatayuan ko naglakad ako palapit sa tabi nya. I hold her nape to push her closer to me. Closer to my lips.

I am marking her now. Sealing a promise with our lips. She's mine and I am her's.

I pulled a minute after to catch our breath. Sinandal ko ang noo ko sa kanya. I don't want to let go but I have to. This is making me crazy but the hell I care. Being in love makes everybody loose their sanity. They're just denying it.

**"Ikaw lang Jay... Ikaw lang ang babaeng nagpahirap sakin ng ganito."**

I let go her nape and sit at the chair next to her.

**"I-ikaw ang nagpapahirap sakin."** She said with irritation.

I hold her hand before kissing the back of it. Dinikit ko yon sa pisngi ko habang nakatitig sa kanya. I'm exhausted but I will work hard just to win this game.

Sa pagtitig na ginagawa ko sa kanya. Bumalik lahat sakin. Kung bakit ginagawa ko to at kung gagawin ko pa rin.

**"I'm scared."** I said and force my lips to smile. **"...I'm scared of many things..."**

But what scared me the most...

*Is lossing you.*

I close my eyes while feeling the numbness in my throat. My eyes has the mind of its own. Kusang bumagsak ang luha ko sa harap nya. Sa harap ni Jay-jay, ng babaeng mahal ko higit pa sa sarili ko.

**"Yuri is right. I lied to him, I lied to you and I lied to myself. I have feelings for you that you can never imagine."** I confess.

This is the right thing to do.

**"K-keifer..."**

Hinawakan ko ang pisngi nya gamit ang isang kamay ko. She stiffed.

**"Natatakot akong hawakan ka kahit gusto'ng-gusto ko. Ayoko'ng saktan ka kagaya ng nagawa ko kay Freya. Pero kapag kinakain ako ng selos hindi ko mapigilan ang sarili ko."**

My lips form in a thin line thinking that I will become like my father. Remembering those moment that I made her cry because of my too much anger.

**"...Hindi na ko papayag na maulit yun."** I said and suddenly remember that we're leaving tonight.

Hindi ko man lang sya makakasama mag-celebrate ng birthday ko. I smiled and close my eyes.

**"Malapit na ang birthday ko at ikaw ang gusto kong regalo."**

Naramdaman ko ang pag-aalangan nya. She's having doubts and it's normal. I let her go and wipe my fave using my bare hands.

**"You want me to stop? Then I will."** I paused and look at her reaction. **"...but that's only for a while."**

**"Ano bang..."** She release a heavy sighs. **"...Titigil nga pero pansamantala lang? B-bakit? Ano bang iniisip mo?"** Her forehead crease with so much confusion.

**"I'm giving you space."**

I know she's probably thinking about spaceship now.

**"...But when I return. You're officially mine either you like it or not."**

She's about to complain when someone jump in front of us. It was Percy with a messy hair and clothes.

Pilit nyang hinatak si Jay-jay at nagmadali sa pag-alis. Hinayaan ko nalang sila dahil mukang may kinakatakutan ang isang yon.

**"Where's Percy?"** Honey ask before sitting by my side.

**"Leave. He got scared of you."** I said and take a sip from my glass wine.

She pouted her lips. **"Akala ko nag-enjoy sya. Full performance pa naman ako."**

I arch a brow. Full performance saan? Ano naman kaya ang ginawa nya?

**"Maybe he don't like it."**

She look at me in horror. **"He did like it."**

**"Ano bang ginawa mo?"**

Ngumiti sya ng nakakaloko. **"What do you think?"**

I didn't answer but more like I don't want to answer. My imagination will not stop playing with me once I found out what it is. So better keep it in the dark.

**"Hindi ka na sumagot."** She said and pick up her phone. **"What's his full name? I'll add him on facebook."**

**"Percy Rey Collins."** Sinadya kong gamitin ang dati nyang apilyido.

As I expected Honey look at me in shock. I smirked.

**"OMG! He's the brother of—aaaaahhhhkkkk!"**

Napahawak ako sa tenga ko dahil sa tinis ng sigaw nya. Agad kaming pinagtinginan ng mga tao.

Hinayaan ko nalang sya. Mas inaalala ko ang pag-alis ko mamaya. Matagal-tagal ko syang hindi makikita. I hope I can last a day without seeing her.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 284

**A/N:** hindi maganda connection ko.

**Shoutout**!

HyascintMalik
Sofhia Fajardo
Jingjing
Jam
Jade
Biyay
Marisse
Aso
Nich
Bengbeng
Dethdeth
Payat
Co
Pfam
Sodium/Diummies
Princess Sunshine Panerio
Sheisran
katrize123
CharinaMaeCarmen
xnameless_girlx
Zeannia1010
ay_rish
Kristeninaa
xx_Cassandriana_xx
Madam_Silver
Purple_Str4wb3rry
CamilleFajiculay
WindellAbella
dnl_brtlt

GiRL_In_PiNk27
mochimmy01
HanetteDamole6

Sorry sa wrong grammat at spelling.

## Tired

***Keifer's POV***

I won't last a day without seeing her. Ang hirap ng ganito. Sobrang hirap lalo na para sakin. I badly want to see her.

*I miss my Jay-jay.*

Halos malukot ko ang papel na hawak ko habang pasulyap-sulyap sa cellphone na ginagamit ko na may iisang number lang na naka-save.

Her number.

Hindi naman siguro masama kung ime-message ko sya ngayon. Keigan is not here yet. Balak ko ng damputin ang phone ng marinig ko ang pagtunog ng original phone ko.

I took it out of my pocket and look. It was a text message from Mr. Ryder.

**From:** *Atty. Raider.*
**Message:** *Hanamitchi's only heir is no longer engage.*

Napatuwid ako ng pagkakasandal habang tinititigan ang message. They're no longer engage. A smirk form in my face. I finally heard a good news.

Akala ko kailangan ko pang ubusin ang mga Hanamitchi para lang masira ang engagement na yan. Malamang na ang pamilya ni Yuri ang gumawa ng paraan.

*In your face Angelo! In your face!*

Jay-jay is mine. Only mine! No man can have her except me. This should be a lesson to learn for Angelo.

Tinago ko ulit ang phone ko bago harapin na naman ang binabasa ko. Kahit papano may panibago akong dahilan para ipagpatuloy tong ginagawa ko. Isa sa mga problema ko ang kusang naresulba.

Pero meron pa! Marami pa kong haharapin. Ngayon pa lang sumasakit na ang ulo ko. But this is a good start.

**"Kuya, can I go home now?"** Keiren ask me while playing with his tablet.

**"No. I told you we're staying here for a month."**

**"What about my school?"** He put down his tablet and looks at me. **"My girlfriends will miss me."**

Binaba ko ang hawak kong mga papel. He just said girlfriend with an S.

**"Excuse me? What girlfriends?"** I ask emphasizing the S.

**"The girls whose giving me gifts everyday. They're my girlfriend."**

I rolled my eyes. He have different understanding about dating.

Narinig ko ang pagbukas ng pinto ng suite na tinutuluyan namin. I immediately took my secret phone and put it in my other pocket.

**"By lunch you'll meet are relatives. Mostly our cousins from a far."** Keigan said before laying down at the long sofa.

Binalik ko ang tingin sa mga papel. This is the brief information about the Watson Enterprise and of course the latest happening inside.

This is complicated than I expected. Mas malawak pa pala to sa inaasahan ko. Pano pa kapag nasa loob na ko ng company?

This isn't really what I thought not even close. Ang masakit pa nito mukang dadaan talaga ako sa butas ng karayom.

**"*You will never become the CEO of Watson Enterprise.*"**

Those words from my cousin Clyde suddenly pop up in my mind.

**"*You don't have a degree. No experience or understanding about the company. You're under age.*"**

Napahiya ako sa sarili ko ng marinig ang mga salitang yon sa kanya. Kahit kaming dalawa lang kahapon sa opisina nya pakiramdam ko napahiya ako sa buong angkan namin.

**"*So, how will you handle this position?*"**

Naibato ko bigla ang hawak kong papel dahil sa inis. Agad na tumingin sakin ang dalawang kapatid ko. Tumayo ako at mabilis na naglakad papunta ng balkonahe. Balak ko sanang magpahangin. Keigan immediately stop me when I'm about to open the glass door.

**"Don't Kuya!"** He shouts.

I frown and look at him. **"What?"**

**"That's not a good place to die."**

I hold the bridge of my nose. I almost forgot. We're in London and most people here are dying to see me soaking in my own blood.

I raise both of my hand as a sign of defeat. Naglakad nalang ako papunta sa kwarto ko. Halos pabalibag kong sinara ang pinto. Kusang bumagsak ang katawan ko sa kama.

Fvck! Ayokong mauwi sa wala lahat ng paghihirap ko. I'll probably visit Clyde again tomorrow. Kailangan kong makahanap ng butas kung pano makakapasok sa company.

I don't care if I'll get a small position, as long as I'm inside. Unti-untiin ko yon hanggang sa makuha ko ang para sakin.

Kinuha ko ang secret phone ko at nag-message ako kay Jay pero hindi naman nya ko ni-replayan.

Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako. Nagising nalang ako dahil sa malakas na pag-yugyog sakin.

**"Kuya! Wake up! Kuya Keigan said that you need wake up now!"** It was Keiren.

**"Stop... I'm awake!"** I said and force my eyes to open.

Tumigil sya at lumapit sa mismong muka ko.

**"What do you want for your birthday?"** He ask that makes me stop.

He knew when my birthday is but we don't celebrate. Kaya nakakapagtaka na nagtatanong sya tungkol sa regalo.

**"Re-regaluhan mo ba ko?"**

He shook his head. **"Nope. I'm just asking."**

I grown loudly while he laugh mischievously. Narinig ko ang yabag nya paalis. Bumangon ako at naupo sa dulo ng kama. I search for my phones to check the time.

I found the secret one under my pillow while the original one is at the bedside table.

Pareho kong tinignan yon. Hindi ko alam na makakatulog ako ng matagal. It's already 11am. I also check my messages. There's no message at my secret phone.

My load kaya sya? Tamad pa naman mag-load yon. Kaya hindi na ko magtataka kung hindi sya makapag-reply dahil wala syang pang-reply. Maybe I should put her number in line so she won't worry about contacting anyone.

I checked my original phone. My forehead crease upon seeing Yuri's name as the first message in my inbox.

**From:** *Chickenhead*
**Message:** *You leave the country without saying goodbye to me.*

I immediately send my respond.

**To:** *Chickenhea*d

**Message:** *Don't cry. I'll be back soon.*

Hindi ko na hinintay ang sagot nya. Tumayo na ko para pumunta sa banyo. I took a bath.

Tumutulo pa ang tubig mula sa buhok ng lumabas ako. I glance at my phone before picking it up to check his message.

**From:** *Chickenhead*

**Message:** *Don't return. Stay where you are. Jay-jay will be mine.*

I almost chuckled bitterly.

**To:** *Chickenhead*

**Message:** *Keep dreaming. It's free anyway.*

Wala na kong natanggap na sagot mula sa kanya. Minabuti ko nalang na ipagpatuloy ang ginagawa ko. I change my clothes to something appropriate.

Palabas na ko ng masalubong si Keigan na halos patakbo ng palapit sakin.

**"I thought you sleep back again."**

**"Why in a hurry?"**

**"Hinihintay na tayo ng mga pinsan natin."**

I nodded and walked after him. Eto ang plano nila pagdating dito ang harapin ang mga kamag-anak namin. Nakaharap ko na ang iba kahapon pagdating namin. As usual they don't like my presence near them or the company. May mga pinsan naman akong halatang sumisipsip lang.

Most of them lives in Scotland or Ireland, some lives in the province side of England. Only those who work or interested in our company lives here in London. Ang alam ko may mga pinsan pa ko na nasa ibang bansa at bumibisita lang dito.

Malaki ang pamilya ng mga Watson. Madami kasing anak sa labas. I'm not surprised. Sa kabila ng dami at yaman nila kakaunti lang ang kinikilala ng main family.

Sa kasamaang palad hindi ako isa sa mga yon. Despite being the grand child of my late grandfather. Hindi ko alam kung dahil ba sa Halimaw kong Ama o dahil hindi ako lumaki sa kanila.

Nasa lobby na ko ng marinig ko ang pag-uusap ng iba't-ibang tao na may iba't-ibang lengwahe. They're every where. Kahit saan ako lumingon kita ko ang nga pinsan ko at ibang kamag-anak.

I know, at first glance I can tell already. Ganun yata ka-obvious ang appearance ng isang Watson.

**"Gordon Bennett! It's you!"** A man walks beside me with amusement expression.

Malalim ang accent nya. Halatang dito sya lumaki. Muntik ko ring itanong kung sino si Gordon. I almost forgot that it's an expression at ako pala ang kausap nya.

Hinawakan nya ang kamay at braso ko para makipag-kamay. Kahit naguguluhan, ginawa ko nalang. Agad kaming napansin ng iba at naglapitan sakin.

Keiren and Keigan are watching just behind this people. Lahat sila excited na makausap ako. Samantalang ako nag-o-obserba lang sa kanila.

**"Jemelle Ruth, I'm from Slovakia."** A woman with weird accent approach me. **"We're third cousins."**

**"Hi, I'm Miracle!"** Another woman introduce herself. **"My Dad is your second cousin but his not here."**

Nagpilit ako ng ngiti sa kanila. Isa pang babae ang lumapit sakin. Humalik pa sya sa pisngi ko.

**"Francheska Grace, half Pilipina. Kaya kung gusto mo ng kausap in tagalog, just call me."** She said and smiled sweetly.

**"Excuse me!"** Another woman interrupt us. **"Martina Carla from Spain."** She said with weird different accent.

Napapansin ko na karamihan sa kanila ay puro babae. Mga galing sa iba't-ibang bansa.

May hinatak na babae yung Martina at pilit hinarap sakin. Nahihiyang ngumiti ang babaeng kasama nya.

**"H-hi, I'm Irene Flores. I'm from Spain like Martina."** He said and smile. **"We're second cousins."**

I force to smile at her. Pinili ko muna silang talikuran. Balak ko sanang lapitan si Keigan na may kausap na ibang tao pero meron na namang lumapit sakin para magpakilala.

**"Bonjour, I'm Zrapyire. I'm a fashion designer from France."** Hinalikan nya ko sa pisngi at niyakap ng mahigpit.

Hindi naman ako nabigla sa ginawa nya. French are known for being sweet and intimidating.

**"Nice to meet you."** I said before walking again.

Nakita ko na my kausap na babae si Keigan. Paglapit ko sa kanila agad na ipinakilala ni Keigan ang kasama nya.

**"This is Franchezka Reigne, she's from Finland and she's a lawyer,"** Keigan introduce her.

She offer her hand for handshake. I accepted it and smiled.

**"If you need help about your rights in this family, just call me."** She said in her hard accent.

I simply nod before facing Keigan and pull him away from this people—I mean from our cousins.

**"Saan ba galing ang mga to?"** I ask in tagalog.

Alam ko kasing makikinig ang mga nakatayo malapit samin. Mas mabuti kung hindi nila kami maintindihan.

**"Mga pinsan natin. Gusto nilang makipag-kilala."**

I shook my head. **"Naniwala ka naman? Wala rin yang pinagka-iba sa ibang pinsan natin."**

**"Edi samantalahin mo ang pagkakataon. Gamitin mo sila para magkaroon ka ng maraming kakampi sa pamilya na to."**

*Aanhin ko naman ang maraming kakampi kung mga peke naman sila.*

Wala akong nagawa kundi ang hayaan si Keigan sa balak nya. Mas may alam sya sa mga dapat gawin kesa sakin.

Pinakilala na naman nya ko sa mga pinsan daw namin. Sa pagkakataon na to mga lalaki naman ang lumapit sakin. Karamihan mga galing din sa upper part ng europe. Meron ding galing ng Germany at Poland.

Kung merong kapansin-kapansin sa mga lalaking pinsan ko, yun ay ang kilos nila na hindi nalalayo sakin na malamang ay nadala din ng dugong Watson sa kanila.

Ang iba sa kanila hindi na dala ang apilyido namin. Ang iba naman ay hindi talaga pwedeng gamitin dahil mga anak sila sa labas na hindi kinilala ng Main Family.

Napatingin kami sa isang pinsan namin na biglang pumalakpak. Tumingin kami sa kanya at agad namang tumahimik ang iba.

**"I know, we're all excited to meet Keifer but let's continue our conversation... With a nosh!"** He said with a very hard accent.

Agad namang nagpalakpakan ang mga pinsan ko at naglakad papunta sa restaurant ng hotel.

Nakita ko ang nakasimangot na Keiren habang palapit sakin. **"What is nosh?"**

**"It means food."** Ginulo ko ang buhok nya. **"Gusto mo na ba kumain?"**

**"Yes, I still haven't eat lunch."** Tinalikuran nya ko at sinundan ang mga pinsan namin.

Ganun din ang ginawa ko. Makaluma ang concept ng restaurant dahil na rin siguro sa preserve looks ng hotel. Nagkakagulo sila sa pagpili ng kakainin. Iba't-ibang lengwahe na ang naririnig ko.

"*Jahzara! Alexandra! Sit here!*"

"*Hannah Lois! Call your brothers now!*"

"*Stop shouting Jay Belle!*"

Napahinto ako sa narinig kong pangalan. Remembering her now suddenly makes me wants to contact her. I want to know if she's eating properly. Maybe she's still asleep. Gusto ko syang itext para masagot ang pangamba ko pero kaharap ko si Keigan. Baka makahalata sya at magsimulang magtanong.

Dumating ang waiter na kanya-kanya ng abot ng menu. Kagaya lang din ng kay Keiren ang inorder ko. Aliw na aliw sa pakikipag-kwentuhan si Keigan sa kanila. Samantalang nakikinig lang ako.

Madalas na tungkol sa naging buhay lang namin sa Pinas ang pinag-uusapan nila.

**"Do you have girlfriend?"** One of my male cousin ask me. **"We heard this news that you're going crazy because of a girl."**

Nag-iba ang tono ng mga boses nila. Karamihan pinagbulungan ako sa ibang lengwahe pero halata ko naman kung anong pinupunto nila.

**"You know what exactly happened to a Watson—."**

**"There's no such thing. It's not real."** I said and look at them deadly.

Kung ordinaryong tao lang isang to, iiwas na siguro sya pero dahil isa syang Watson tinawanan lang nya ko habang napapailing.

**"It's real Keifer. What do you think the reason why most of us are single?"** My Female cousin said with her French accent.

*Like I care why.*

**"Because they leave us. Most of the people we love leave us,"** One of my Male cousin said. **"Our possessiveness are the reason."**

I almost rolled my eyes. *Excuse me, I'm not possessive.* Yes, I easily got jealous but that doesn't make me possessive.

**"Even Clyde has been left by his ex-fianceé."** They added.

**"He was left because his an idiot."** I said and they laugh.

**"But seriously Keifer. It's like a curse, a real curse. And only those whose lucky has the ability to overcome it."**

I look at them confidently. **"Then I'll be one of those lucky bastard."**

Karamihan sa kanila napangiti sa sinabi ko habang napapailing. Naghiyawan sila at bumalik sa kanya-kanyang kwentuhan.

Napatingin ako kay Keigan na halatang hindi sang-ayon sa mga sinabi ko. But he can't do anything about it. Hindi ko na itatago ang totoo sa kanila o kahit sa mga Elders ng pamilya.

Wag lang silang magkakamali na pagbalakan sya. Uubusin ko silang lahat.

**"There will be a game on Saturday! Let's watch it!"** Someone suddenly shouts.

Napatingin sakin ang lahat na para bang hinihintay ang decision ko. I simply nodded before they cheer up. Walang katapusang kwentuhan at tawanan ang mga ginawa nila. Inabutan na kami ng pananghalian.

Sa totoo lang kakaiba ang pakiramdam ko sa mga taong to kumpara sa mga nauna kong pinsan na nagpakilala. Magaan, dahil siguro kagaya ko hindi rin sila tanggap ng Main Family. Nakakamangha na ayos lang sa kanila ang bagay na yon. May karapatan sila sa maraming bagay pero hindi na nila pinaglaban, dahil ba mas masaya na sila sa meron sila?

*I want that to!*

Pero hindi pwede. Malaki ang mawawala sakin, marami ang masasayang na paghihirap. Masasayang ang pagkamatay ni Mom.

Ilang oras din ang nag-daan bago nila maisipang umalis. Nagpaiwan pa ang ilan sa mga lalaki kong pinsan para makipag-inuman.

**"See this? She's my girl!"** One of my cousin said while showing a picture to us.

**"She's out of your league!"** Answered by another.

Agad na nagtawanan ang ibang pinsan namin ng makita ang inis sa muka nya. Nauwi sa pakitaan ng litrato ang usapan.

**"Can we see the picture of your girlfriend?"** One of them ask me.

I stop myself for arching a brow. Wala akong balak na ipakita sa kanila si Jay-jay. Ayokong magka-interes sila sa kanya. Basta alam kong maganda sya hindi ko na kailangan ng opinyon ng iba!

**"I don't want to,"** I said and sip at my drink.

Napailing sila ng maintindihan nila ang ibig kong sabihin. Buti nalang at hindi ko na kailangang ipaliwanag sa kanila ang nasa isip ko.

23 na bote na ang nauubos namin pero hindi pa rin lasing ang mga to. Totoo nga na talagang matagal malasing ang mga Watson. Inabot din kami ng hapon bago maisipang umuwi ng mga to.

Hinatid ko sila sa lobby ng Hotel kung nasan naman si Keigan at nag-aabang sakin. We says are last goodbyes before they finally leave.

**"They never ask,"** I said and Keigan look at me. **"They never ask about the company."**

Hindi nga din sila nakikiusap sakin na ipasok sila ng trabaho sa company. Hindi kagaya ng mga nauna kong nakilalang pinsan.

**"What do you think about them?"**

**"I noticed their connection to each other. Kahit galing sa malalayong lugar parang magkakapitbahay lang sila. Things that I never saw from the main family."**

Keigan nodded shortly. **"I like them."**

**"Me too,"** I said before walking back to our suite.

May araw pa naman pero mabigat na ang pakiramdam ko. Gusto ko ng mahiga at ipikit ang mga mata ko. Pagpasok sa loob, si Keiren na hawak na naman ang tablet ang una kong nakita.

Hinayaan ko nalang sya at tumuloy na sa kwarto ko. Napaupo ako sa kama at napahimas sa batok ko. Pakiramdam ko napaka-haba ng araw na to at pagod na pagod ako.

Kinuha ko ang parehong phone ko. Tinignan ko yung isa na may iisang number lang na naka-save.

I miss Jay-jay. I miss her so much. Parang gusto ko tuloy na umuwi ng Pinas kahit sandali lang sisilipin ko sya. Gusto ko lang marinig ang boses nya.

Out of no where I notice my phone. It was dialling Jay's number. Hindi ko alam na napindot ko na pala ang call button.

I immediately cancel the call. Napahawak ako sa dibdib ko dahil sa kaba. Hindi nya pwedeng marinig ang boses ko at baka makilala nya ko.

My phone pop up a message from....*her.*

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Baliw!*

Napangiti ako. At least she texted me first. Agad akong nagtype ng sagot.

**To:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *Ako syo? Oo nMn!*

I know she'll answer me with her usual curses and profanity.

**From:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *cno kba tlga? Lkas ng trip mo sa mundo! Kng nant-trip k lng pwdeng wg aq? Ang dmi ko ng prob, hnd ko alm kng anung uunhin ko. Wg kna sumali.*

I'm quite surprise. Ang haba kasi ng message nya kayalang hindi ko na naman maintindihan. Ang hilig nya talaga sa ganitong uri ng text.

I tried to read it, word for word. Few minutes after I understand it. She have a problem and I have this feeling that it's about the cancellation of engagement. She needs someone to talk to about it.

*Should I talk to her?*

I can't. If she heard my voice she'll recognize me. If she do, she will no longer answer my messages.

*What should I do then?*

Tumayo ako at naglakad-lakad. Kausap ang kailangan nya. She can talk to me but I can't talk to her. Then it's not talking at all. Baka hindi rin nya gusto ng kausap na hindi sumasagot.

Nagulo ko ang buhok ko dahil sa inis. Bahala na siguro. Basta dapat hindi ako mag-salita.

I dial her number and waited for her to answer it.

**["*H-hello?*"]** I heard her voice.

I close my eyes to feel it. How I miss hearing her voice. I badly want to speak and say how much I love her.

**["*Hello? May tao ba dyan? May hayop ba dyan? Alien? Engkanto? Impakto? Tarantado meron? Gago?*"]** She said and I almost laugh.

Para syang laging naghahamon.

**["*Kung hindi ka magsasalita, papatayin ko na to.*"]** She said sounds pissed.

I'm expecting that already. Sino nga naman ng gusto ng kausap na hindi nagsasalita? But it's better to be this way.

**["*Hoy! Pwede? Tigilan mo na ko! Wag kang pa-mysterious effect dyan! Hindi nakakatuwa! Nakakainis! Dagdag ka lang sa isipin ko ang dami ko na ngang problema!*"]**

I ended the call. I can't tell her over the phone. I compose a message and send it immediately. Ginaya ko yung paraan nya ng pagtetext so she can understand me easily.

**To:** *MyFutureMrsWatso*n
**Message:** *I can't talk but I can listen. Tell me ur problem. Alteast mbwasn*

*ang bigt ng nrramdamn mo sa pagssbi skin.*

I gave her few seconds before calling her again. Just one ring and she answered it. I didn't say a thing and waited for her.

**["*Gagong baliw...*"]** She said and my forehead crease. **["*...hindi naman kasi kita kilala. Kaya yan ang pinangalan ko sayo.*"]**

*Seriously?* She is really a weird woman. She doesn't know me but she have the audacity to call me Gago. I smirked and try my best not to make a sound.

**["*Hindi ko talaga ma-gets trip mo sa buhay. Pwede ka namang magpakilala, eh kung bakit gumaganyan ka. Siguro malaki atraso mo sakin—yung sobrang laki nahihiya na yang pagmumuka mo*."]**

Yes. Malaki talaga ang atraso ko sayo. Sobrang laki!

**["*Ang dami kong problema. Sa pamilya, sa bahay, sa school, sa mga kaklase at sa punyetang love-love na yan. Isama pa yung mga basagulero dyan na trip yata talaga ako.*"]**

Mukang napa-away na naman sya. I will contact Rory about this.

**"Hhmm..."**

**["*Ewan ko kung kilala mo na buong pagkatao ko. Broken family kasi si ako. si Mama ko iba-iba nagiging asawa, si Papa ko hindi ko pwedeng makasama. Yung pakiramdam na sinalo ko lahat ng pahirap nilang dalawa.*"]**

I know she's been carrying that. Probably her whole life. Hindi na ko magtataka kung maghanap sya ng kausap tungkol sa bagay na yon.

**["*Sa bahay, nakikitira lang ako pero tinuring naman nila kong pamilya talaga, pero syempre hindi sa lahat ng pagkakataon. Pinagkasundo nila ko don sa kaklase kong anak ng business-keneme nila. Ipinapakasal nila kong pilit don—pero umatras din naman sila, kapalit nga lang ng tuluyang pagbagsak ng company*."]**

I know that. My kasalanan din naman ako dahil hinayaan ko si Yuri sa plano nya. I guess we have our own planned back then. I'm so confident that I will win.

**["*Yung problema ko sa school problema na siguro ng mga istudyante. Ang tagal ng graduation!*"]** I simply chuckled. **["*Sa mga kaklase ko*"]** I become serious. **["*Pinaniwala kasi nila ko. Akala ko kabilang ako sa kanila. Yun pala isa lang akong laruan para sa kanila, pinag-pustahan at pinagka-isahan na parang wala kaming pinag-samahan*."]**

Yes you are. Kabilang ka Jay. Kabilang ka samin. You are part of our Section ever since you step your foot inside that room.

**["*Tapos yung taong mahal ko. Saksakan ng gulo! Sarap nyang sampalin back to back. Pinag-lalaruan nya ko—kamuka ko ba si Barbie para paglaruan? Lakas ng trip nya. Bading yata ang putik*!"]** Did he just call me gay? I almost react. **["*Bading yun! Kilala mo ba yun si Mark Keifer Watson? Badin yun! Bading!*"]**

And she really did call me that. Maghintay ka lang at sa pag-uwi ko papatunayan ko sayong lalaking-lalaki ako.

**"Tss..."** I said and immediately regret it.

What the hell! Sa taranta ko napatay ko ang tawag. Mababaliw ako nito! Pano kung nakilala nya ko ng dahil don? I silently prayed that she don't.

A message came from her.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *hnd pa q tpos mgSlita... kLa ko mkknig ka?*

*Shit!* Mas mabuti siguro kung umiwas muna ko. Baka hindi na makapag-pigil pa.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *sory, i hve to go.*

I said and put my phone under my pillow. Nasabunutan ko ang sarili ko. Next time kailangan kong mag-concentrate para masiguro na hindi na mauulit yon.

*So stupid Keifer!*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 285

**A/N:** Nawalaon ng kuryente last saturday. Nung sunday nagimbal ako sa announcement ng PSICOM.

Srry guys. Alam kong nag-load pa ang iba iyo para lang mabasa agad ang update.

Anyway, here's the update . I hope you guys enjoy kahit wrong grammar.

**Happy Birthday!**

**Juwayriah Disomimba**
**Princess Jane Regio Gemotra**
**Aura Joy Libres**
**Rhessie Matias**
**Mahal Fuentes**
**Angeline Rojo Perez**
**Jean Paula Cabral**
**Caryl P Gonzaga**
**Irish Devine Dueñas**
**Oguanyx**

"Hi mga Section D na walang DD at wala ding BB." —Jeymel

**Textmate**

***Keifer's POV***

Gusto kong ipukpok ang phone ko sa pader. I use the word '*again*'. Kinakabahan ako. Sana hindi nya mahalata ang sinabi ko na yon.

I read my message for her again.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *it ws nice hearing ur voice again.* 😊

Hindi naman nya ko kilala. Ang alam nya nagkita na kami kaya hindi naman siguro nya mahahalata yung word na '*again*'. My carelessness will put me in danger. I'll make sure to double check my message next time.

I heard my phone text tone. It was Jay-jay.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *ewn ko syo! Gudnyt na nga!*

My lips form a smile. I don't sense any irritation from her respond. And she didn't react with the word '*again*'.

Hindi maalis ang ngiti sa labi ko habang nagt-type ng sagot sa kanya.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Gudnyt... I hope you'll hve sweetdreams.* 😙😙😙

I feel so corny for using emoji. So childish and cringe. But it looks like Jay-jay are enjoying it.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *ikw din. Sweetdreams din.* 😊😊😊

*Damn it!*

Why I can't stop smiling? This is just an emoji. I bite my lips while typing a reply.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *nah! But wet dreams will do!*

I already imagine her reaction.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Queen Ina ka! Wg ka na nGa txt skin! Lkas mo mkCra ng gv!*

*I knew it!*

And I laugh so hard. Napahiga na ko sa kama ko sa kakatawa. I'm so in love with this woman. She makes me laugh with her small gesture and curses.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *I more like it when u talk to me like that..*

I bit my lips again and waited for her reply.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Baliw ka tlga! Bgy na bgy syo ang name mo... GagongBaliw!*

Sounds like a curse. Should I mentally count that one? It's a name but still a profanity.

Oh well... I'll count it. More profanity, more kiss.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Gago na nga Baliw pa. How rude.*

Kung kaharap ko lang sya ngayon baka nakurot ko na ang pisngi nya sa sobrang tuwa. Pwede ring pang-gigilan ko sya sa ibang paraan.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *ewn q syo! Wg mo n nga aq istrbuhin! Akla ko ba u hve to go na? Eh bkt reply k pa jan?!*

Balak ko na sanang magreply sa kanya ng biglang may kumatok sa pinto. I hide my secret phone and took the original one from my pocket. Naupo rin ako ng maayos sa kama as if I'm doing nothing.

**"Kuya... Are you still awake?"** It was Keigan.

**"Yeah."**

Bumukas ang pinto at pumasok sya. Napatingin agad sya sa hawak ko.

**"Hawak mo pala ang phone mo."** He said while pointing his finger at my phone.

**"Oo, kanina pa."**

**"Then why aren't you answering Honey's messages and phone calls?"**

*Shit!* Hindi ko narinig ang pagtunog ng phone ko. Masyado akong naging busy kay Jay-jay.

**"I'm not in the mood to answer her phone calls. I'm busy thinking about our plan."** I said and throw my phone at my back.

His forehead crease. **"Ngayon mo pa naisipang hindi sagutin ang tawag nya. Kuya! It's important to answer everyone's phone calls! May mahalaga tayong ginagawa kaya mahalaga din ang sasabihin nila."** He scolded me.

**"Marami lang akong iniisip."**

Nilahad nya ang kamay nya sakin. **"Hand me your phone. Ako ang sasagot ng mga tawag na para sayo."**

I shook my head. **"You don't have to. Hindi na mauulit."**

Nagbuntong hininga sya. **"Next time Kuya. I will take your phone."**

I simply nodded. **"Yun lang ba?"**

**"Babalik tayo sa Watson Enterprise bukas. Please, talk to him nicely and don't threat his life."**

Si Clyde ang tinutukoy nya. I sighs before nodding at him. Tumalikod na sya at naglakad na palabas. Nakahinga ako ng maluwag ng sumara ang pinto. Akala ko magtatanong pa sya ng magtatanong tungkol sa ginagawa ko.

Bakit ba pakiramdam ko Tatay ko ang kausap ko habang kaharap ko sya?

*So Bossy.*

Tinignan ko ang secret phone ko. Gusto ko pa sana syang itext pero baka tulog na sya. Nauuna pa naman ang oras sa Pinas kaya baka hating-gabi na sa side nya.

Mas mabuti kung hayaan ko na syang matulog. Sana lang makatulog sya ng maayos sa kabila ng nangyari.

Itinago ko ulit ng phone at tumayo na para maglakad papuntang banyo. I place myself under the shower after removing my clothes.

Sa totoo lang naninibago ako. Pakiramdam ko nasa ibang mundo ako. At dahil don hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Hindi ko kontrolado ang sarili ko sa lugar na to.

Matapos maligo at magpalit ng pantulog, pabagsak akong nahiga sa kama. Pagod ang katawan ko pero gising naman ang diwa ko. I tried to close my eyes and force myself to sleep but it's useless.

Bumangon ako at kinusot ang mga mata ko. I don't know what to do to make myself feel asleep. Kinuha ko ulit ang original phone ko at nagbukas ng social media. Account lang naman ni Jay-jay ang tinitignan ko.

Hindi naman sya nag-po-post at puro kaaway lang naman nya ang nag-co-comment sa timeline nya. Kung meron man syang post, halata namang hindi sya yon. It was Ci-N pretending to be her.

Sinara ko din ang app ng wala na kong makitang ka-enga-enganyo. Napabuntong hininga ako. Gallery naman ang pinag-initan ko. Karamihan ng picture dito si Ci-N ang kumuha.

He told me he will took a nice picture Jay-jay. But he didn't fulfill his promise. Karamihan ng kuha nya kundi naka-nganga, nakapikit o kaya nakanguso si Jay-jay. May kuha din sya habang humihikab at nag-nose picking.

*Makaka-sira ng reputasyon ang kuha nya.*

Tinabi ko nalang ulit ang cellphone ko at nahiga. Nagpa-gulong-gulong na ko sa kama pero gising pa rin ang diwa ko.

Kung ano-ano na rin ang na-imagine ko. Naisip ko rin kung pano ko i-a-approach si Jay pagbalik ko. Maybe a deep torrid kiss will do.

Kayalang baka salubungin naman nya ko ng suntok. I'll just hug her or buy her an expensive gift. But she don't like material things, she's more into....*food!*

I'll bring her to an eat all you can buffet for a month or year. I think it's better to buy the whole restaurant for her. She'll definitely like that one. Magpapahanap ako kay Honey ng restaurant with eat all you can buffet.

*I wonder if she's dreaming about me now.*

Kumakain kaya sya ng maayos? Napa-away na naman kaya sya? Ano kayang ginawa sa kanya ni Angelo? I'm a bit worried about her family's reaction. Baka inaaway na naman sya ni Aries ngayon.

Parang gusto ko tuloy umuwi. Ayokong magbakasali habang nandito ako. Gusto kong malaman ang eksaktong nangyayari sa kanya ngayon.

*The hell! I should go to sleep!*

Nasabunutan ko ang sarili ko habang nagpapagulong sa kama. Kapag hindi ako tumigil sa kakaisip sa kanya baka hindi na ko makapag-pigil at maisipan kong umuwi.

I gave her space because she needs it. Hindi pwedeng bumalik ako ng basta-basta ng dahil lang sa nag-aalala ako. I know she's a strong woman. I trust her and I believe she can face every challenges in her life.

I get up and took my original phone. Hinanap ko ang pangalan ni Rory at pinindot ang call button.

**["*Hello?*"]** He answered with sleepy voice.

**"Rory! I want you to update me—."**

He cut me. **["*Keifer? Naku naman! Bukas na yan! Madaling araw na dito samin!*"]**

**"I know. Gusto ko lang masiguro na babalitaan mo ko sa mga nangyayari kay Jay-jay."**

Dinig ko ang mahina nyang pag-ungol ng reklamo. **["*Oo na! Patulugin mo lang ako! Please!*"]**

**"Okay... Goodnight."** I said and ended the call.

Gusto ko lang masiguro na ligtas sya. Maybe I should call the others too. Wala naman sigurong masama kung manganga-musta ako paminsan-minsan.

I put down my phone at my bedside table. Nahiga na ko ulit pero wala pa akong balak matulog. I have this feeling that someone is thinking about me. And that someone is her.

Napangiti ako habang kinukuha ang secret phone ko. I bit my lips while composing and message.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *stop thinking of me. I can't sleep.*

Not that long when I receive her respond. I knew it she's still awake.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *tigas ng muka mo! Pnu mo nMn n sv na iniicp kita? KAPAL MO!*

I laugh shortly. Wag na tayo matulog. Let's do this all night.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *pnu ko nlman? Co'z ur the only person that i'm talking to mula pa kanina.*

Alam kong ipipilit nya na mali ako. My stubborn Future Mrs. Watson.

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *don't me! Donnat blaming me!*

*What? Donnat?*

I laugh so hard after reading her message. She really knows how to make me laugh intentionally or not.

I type my respond but another message from her came up.Sinend ko muna ang message ko bago basahin ang panibagong text nya.

***To:*** *MyFutureMrsWatson*

***Message:*** *hahaha... What's with ur english?*

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *bka nga ikw ang umiicp skin! Hnd aq mktlog!*

I immediately type my answer.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *yes, i am thinking of you. Here in my bed, naked...* 😎😉

I can sense her anger from here. I will start counting now!

**From:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *Ulowl! Wg ka ppkita skin, uuwi kng bali-bli ang buto sa ktwan! Bastos ka! Npka-manyak mo! Dpt syo pinuputulan ng anes pra madala! Yng mga ktulad mo dpt ang tinotokhang!*

I'm having trouble understanding her message but I know she's pissed. Dapat siguro bawas-bawasan ko na ang kalokohan.

**To:** *MyFutureMrsWatson.*

**Message:** *i'm just kidding. Yes , i'm thinking of you but not like that. I am thinking of you wearing a wedding gown and walking in the red carpet while looking at me very happy.*

I always imagine that scenario. Me waiting at the church. Her walking while wearing her beautiful smile.

*Damn! I hate sounding chessy.*

I compose another message for her.

**To:** *MyFutureMrsWatson*

**Message:** *and of course... The honeymoon!*

Yup! She's definitely cursing now and wishing for my death. Balak ko pa sanang hintayin ang sagot nya pero naisip ko na hindi magandang puyatin sya.

She needs to save her enegery. Lalo pa ngayon na umatras na ang mga Hanamitchi. Mas marami syang magiging problema.

I hide my secret phone and close my eyes. For the last time, no need to try to fall asleep because I really did.

Nagising nalang ako dahil sa tunog ng phone ko. Kinapa ko ang secret phone ko sa pag-aakalang yun ang tumutunog. Napatigil ako ng tumigil ang pagtunog.

**"Hello."** Voice of Keigan.

Napadilat ako ay napatingin sa kanya. Hawak nya ang original phone ko. Mabuti nalang at hindi ko nilabas yung isa.

**"Got it. We'll be there."** He said before putting down my phone.

I arch a brow when he look at me. **"Too early to scold me."** I said with raspy voice.

**"Get up. Late na."**

Napatingin ako sa wall clock. 7:15 AM and Keigan considered it late. Iba yata ang oras nya sa oras ko. Napilitan akong bumangon.

**"Get out. Mag-aayos na ko."** I said and he walked out without saying any words.

Agad kong kinuha ang secret phone ko at tinignan kung may message galing sa kanya. Unfortunately mukang nakatulog din sya agad kagabi.

I decided too greet her before hiding my phone again. Nakakapasok si Keigan ng hindi ko alam kaya baka makita nya to kung basta-basta nalang nakakalat. Dumiretso na ko sa banyo para maligo at mag-ayos.

Mabilisan lang ang ginawa ko dahil alam kong mamadaliin na naman ako ni Keigan. And I hate it when he talk to me like our Monster Dad.

Sa totoo lang, mas kahawig ni Keigan ang halimaw na yon kesa sakin na panganay. I'm not surprised but I don't Keigan to ended up like him. A heartless monster.

Kinuha ko ang parehong phone ko. I hide the other one in my coat while the original one is in my pocket. Lumabas na ko ng kwarto at tama nga ako. Keigan is on his way to call me.

**"Kaunting bilis, please."** He said while gesturing his hands.

I nodded shortly. Nagiging pala-utos na sya. Paglabas ko ng suite si Honey at Mr Raider and sumalubong sakin.

**"Ako nang bahala kay Keiren."** Mr. Raider said. **"Si Honey ang sasama sayo."**

Napangiwi ako. Parang ayoko! Wala na bang iba? Maybe next time I should call Rory and ask him to work for me here.

**"Whats with the look?"** Honey ask me.

I shook my head. **"Nothing."**

Halos sabay-sabay kaming naglakad palabas ng hotel. Our service is waiting for us. Pagsakay namin sa loob napatingin ako kay Honey ng may iabot sya saking papel.

**"What is this?"**

**"Mga plano ng acting CEO ng Watson Enterprise. Balak nilang mag-expand at magpalawak ng shares."** She explained.

**"Mabisang plano para kapag oras ng pag-upo mo sa company, hindi na sya pwedeng paalisin dahil mas marami syang kakampi at hawak."**

That bastard! Gumagawa na sya ngayon ng paraan para hindi mawala sa kanya ang dapat na sakin. Ang lakas ng loob nya.

Nakarating kami sa Enterprise. There are 3 buildings that belongs to our company. The newest is located at the busy street of London. The second one is unknown while the oldest is in front of me now. Gusali pa to na gawa sa bricks and stone. Katulad ng materials na ginagamit sa mga castle. May third floor din and buong building pero dahil malalaki at matataas ang kisame nito Nagmumukang hanggang fifth floor ang kabuuan.

Keigan and Honey walk first before I followed. Kagaya dati walang katao-tao sa lobby except sa receptionist na isang babae at lalaki. They greet us by slightly bowing their heads.

Ang alam ko opisina lang ng CEO ang buong lugar na to kaya halos walang tao. Nandito din ang mga employee ng CEO office.

Pagpasok sa Elevator si Keigan ang pumindot ng floor. Sya rin ang bumasag ng katahimikan.

**"Please Kuya, stop threatening his life."** He said sound pleading.

He's talking about Clyde. Hindi mapigilan na hindi sya pagbantaan lalo kapag naririnig ko ang pang-iinsulto nya.

Pagdating sa floor ng office nya. Napansin ko ang ilang bodyguard na naka-abang sa pinto ng mismong office nya.

*Did he really felt threatened?*

Bahagya silang tumabi ng makita kami parating. Keigan knock before opening the door.

Halos sabay-sabay kaming napahinto ng makita ang bunso sa mga Elders. Sya lang ang tanging Elders na hindi nakiki-alam sa usap ng mana ko. Sa kanya ko din nakuha ang susi ng vault sa Watson Bank.

**"U-uncle Kier."** I said and slightly bowed my head.

Bahagya ko sinilip si Clyde at kita ko ang iritasyon sa muka nya. Mukang may hindi magandang bagay silang pinag-uusapan.

**"Have a sit Keifer."** He said and motion his hand to the nearest seats just across Clyde.

Naupo ako at sumunod naman sila Keigan at Honey sakin. Nakatayo lang sila sa likod ko.

**"Nice to see you Uncle."** Keigan greet him.

He looks at him and stares for a while before opening his mouth to speak.

**"I need a new pair of glasses. I thought you're Kaizer."**

Hindi ko na napansin ang reaksyon ni Keigan. Alam kong hindi rin nya gusto ang narinig. Sino ba naman kasi ang gugustuhing maging kapareho ng halimaw na yon?

**"What's brought you here Uncle."** Clyde said and slightly turn to me before facing again the Elder.

**"I heard you're not letting Keifer to get his rights in this Company. Do you want me to remind you about our deal?"**

My forehead crease. What deal? What's going on? I don't understand what is this for? But I like the way he scold my stupid cousin about my rights.

**"I don't think Keifer is ready."** Clyde explained.

**"Of course he will never be ready. Unless you let him experience things. Give him at least a position in this office."** He's commanding voice are echoing in the whole office. **"He's the heir and you're just the acting CEO."**

Halata sa muka ni Clyde ang pagtanggi. Pero wala syang magagawa. Isa sa mga Elders ang kausap nya. Kahit hindi sya madalas na maki-alam kagaya ng ibang matatanda, ang salita nya ay masusunod pa rin.

**"B-but the other Elders will not—."**

**"Forget them!"** He's voice growl like a thunder. **"Our deal Clyde! I will let you handle the company if you will put Keifer on training. But it looks like you are changing your mind."**

Napayuko sya kasabay ng pagkuyom ng kamao. So that's it! He supposed to train me but now he refuses. No wonder why he managed to become the

CEO.

**"Keifer."** Uncle called me. **"I know you still don't have a degree. This company requires a school graduate. That's why we can't let you sit on your throne yet."**

I simply nodded. **"I understand."**

**"Clyde will be incharge of everything for your training."** He said and stand up.

We did the same and watch him leave the office. Pagsara ng pinto naramdaman ko ang kamay ni Clyde sa kwelyo ko.

**"You bastard don't deserve anything here."** He said while clenching his teeth.

Tinabig ko ang kamay nya. **"Same as you. You tried to fool the youngest Elder."**

He smirks. **"Your grandfather did a mistake. He shouldn't leave everything to you."**

**"Who he should leave it? To you? Then he'll made a disaster."**

Halatang napikon sya. Isang suntok ang binitiwan nya na tumama sa gilid ng labi ko. Napasigaw Honey.

**"Kuya!"** It was Keigan.

Agad akong bumawi ng suntok at syempre hindi papayag ang isang to na magpatalo. Nagpalitan kami ng malalakas na suntok at tadyak. Hindi na namin alintana kung nasan kami.

Gumulong na din kami sa ibabaw ng coffee table at executive table. Sari-sari na ang nabasag namin. Mga lumipad na papel sa ere at kung ano-ano pa.

**"I'll fvcking take everything from you!"** He shouts in my face.

I push him hard. **"I will never let you!"**

He stand up and grab me at my shirt. **"You don't deserve to be a Watson."**

**"Too late to say! I'm carrying the same last name for almost 18 years now!"**

Isang suntok ang pinakawalan nya pero nakabawi ako ng sipa sa binti nya. Napasigaw sya sa sakit at bumagsak sa sahig.

**"Fvck you!"** He shouts at me. **"You will loose everything! I'll make sure of that! And I will include your girl—!"**

Sinipa ko sya sa mismong muka. Hindi na sya makapagsalita dahil sa dugo at pagkahilo. I badly want to break his jaw.

**"What have you done Kuya!"** Keigan said while in shock.

**"Shutting his mouth. He talks too much."**

Tinanggal ko ang coat na suot ko at inabot yon kay Honey. Napaupo ako sa pwesto ko kanina at binuksan ang ilang bitones ng polo na suot ko.

Kaya kong basagin ang mismong bungo nya. Wag lang syang magkakamaling idamay si Jay-jay.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 286

**A/N:**

Sorry sa wrong grammar.

**Report**

***Keifer's POV***

Mahigpit ang hawak ko sa phone ko. Isang message ang natanggap ko galing kay Rory.

**From:** *Rory*

**Message:** *for demolition na ang building ng SectionE. Kailangan namin ng tulong mo.*

Bakit nila edi-dimolish ang building? Anong ginagawa ni Angelo? Bakit nya hinayaang mangyari yon? Magre-reply na sana ako sa kanya ng marinig ko ang pagtawag sakin ng kung sino.

**"Hey Newbie! No phones while on work!"** A man shouted at me.

Halos isang linggo na kong nasa opisina ng CEO at isang linggo na rin nila kong tinatawag na Newbie. Binigyan nga ako ng trabaho ni Clyde pero parang nang-iinis ang hayop na yon.

**"3 copy of this."** Another man said while handling few pieces of paper.

Kinuha ko yon at lumapit sa photocopy machine. Ginawa ko ang hinihingi ng employee.

This is bullsh*t! Taga-photocopy, taga-timpla ng kape, taga-gawa ng presentation, taga-review ng mga financial report, taga-takbo ng mga kailangan kapag may meeting, taga-sulat ng kung ano man, taga-bisita ng mga business partners o kaya investment ng company. All of that, is what I'm doing almost every day. Kasabay din nito ang pag-aaral ko sa pasikot-sikot ng company. Aside from marketing and other business affairs. Gawain ng intern or kaya ng newbie sa company. But this is not what I want.

Matapos mag-photocopy, nilapitan ko yung lalaki sa table nya at inabot ang mga papel.

**"Here."** I said and he arch a brow.

**"Don't know how to use staples?"** He sarcastically ask with his deep hard accent.

I sighs. Kinuha ko ang stapler sa ibabaw ng table nya at inisa-isa ang mga papel sa harap nya. Hindi ko inaalis ang paningin sa kanya habang ginagawa yon.

**"This is how you use stapler."** I said as if I'm teaching a kid.

One by one I staples the papers and handed it over to him. I force a smile before putting down the stapler. Baka hindi ako makapag-pigil muka naman nya ang stapler ko.

Bumalik ako sa pwesto ko sa sulok ng kwarto. Isang maliit at lumang lamesa na isang anay nalang yata ang hindi pumipirma ang table ko. Ka-partner ang swivel chair na jurassic age na yata.

Tinignan ko ang oras sa wall clock at nakita kong break na. Mabilis kong dinampot ang phone ko at tumakbo papuntang fire exit. I dial Rory's number.

**["*Keifer!*"]** He almost shout.

**"What do you mean by demolition?"**

**["*Hindi rin namin alam kung bakit. Basta for demolition na daw ang building. Nakikipag-usap pa rin si Sir Alvin sa kanila.*"]**

**"I will look for someone who can help us about it."**

**["*Kalimutan mo muna yang demolition. Tang'na! Ang astig pala nung pinsan ni Jay-jay, yung Angelo!*"]** He suddenly sound excited.

**"Anong meron kay Angelo?"**

**["*Isang suntok lang dun sa Mykel tapos parang bata na umiyak ang Gago!*"]**

My forehead crease. **"What? I don't understand."**

**["*Ay oo nga. Hindi mo pa alam.*"]** He said and start story tell about what happened. He never miss any important details. At kasama don ang pananakit ni Mykel kay Jay-jay.

**"Fvck that bastard!"** I said and untied my necktie. **"Where's Jay-jay now?"**

I will fvcking break that Mykel into pieces. How dare he touch my girl!

**["*Kasama nung Kuya nya. Ang alam ko nagpunta sila Ospital kasi andon yung Aries.*"]**

**"Thanks Rory. Susubukan kong umuwi."** I said and ended the call.

Napasuntok ako sa pader. Hindi ko alam na pag-iinitan sila ng school sa pag-alis ko. Why did Angelo let it happens? Anong ginagawa nya? O baka naman may balak sya? Kailan pa sya nagpabaya?

*They need me.*

Lumabas ako ng Fire Exit at naglakad papunta sa Elevator. Kailangan kong bumalik ng Pipilinas. Wala silang ibang aasahan ngayon kundi ako. Kailangan nila ko.

**"Newbie! Where do you think you are going?"**

Tinignan ko ang lalaking sumita sakin. I raised my middle finger for him until the door opens. Halos madurog ang floor button sa pagpindot ko.

Tuluyan ko ng tinanggal ang necktie ko at binuksan ang ilang butones ng damit ko. Nahihirapan akong huminga dahil sa galit.

*Come on! Relax Keifer!*

How will I fvcking relax? Jay has been hurt by Mykel. Hindi sya nakalaban. Hindi man lang sya nakaganti kahit isang suntok. That is not the usual Jay-jay. Hindi ako papayag na matalo sya. Kung hindi sya makakalaban ako ang lalaban para sa kanya.

Pagbukas ng pinto ang muka ni Clyde ang bumungad sakin. Kasama nya ang ilan sa mga employee nya at assistant.

**"Why are you here?"** He ask while arching a brow.

**"Get the fvck out of my way!"** I shouts and they slowly move to make a way.

Malalaki ang hakbang ko paalis. Nakarating ako sa parking at sinalubong ako ng driver at bodyguard ko.

**"Mr. Keifer?"**

**"Hotel. Now!"** I said and get inside the car.

Mahigpit ang hawak ko sa phone ko. Gusto kong tawagan si Yuri pero alam kong wala din syang magagawa. Hindi na sya pwedeng makialam pa. Malamang na hindi matuwa ang pamilya nya kung gagawa na naman sya ng maaari nyang ikasira.

I don't know about Percy. He has nothing to do about our school. Besides he's only there for his half and step siblings.

*Then who? Who else should I call?*

Pumasok sa isip ko ang fraternity pero hindi pa nila ako member kaya wala pa kong karapatan na manghingi sa kanila ng tulong.

Pagdating sa Hotel, tumakbo agad ako papunta sa suite namin. Keiren is watching Tv when I get in.

Napatayo sya ng makita ako. **"Kuya?"**

**"Mamaya na Keiren."**

Dumiretso ako sa kwarto ko at pumasok sa walk in closet. Pinulot ko ang backpack na nasa sahig. I put few clothes and close the zipper. Palabas na ko ng kwarto ng salubungin ako ni Keigan.

**"You're leaving?"** He ask in shock.

**"Sandali lang ako, I'll be back as soon as possible."**

I'm about to walk but he grab my bag away and throws it.

**"You are not leaving."** He said and slightly push me.

*Nevermind.*

I'll leave with nothing but my wallet and passport. Lalagpasan ko na sana sya but he stop me by grabbing my phone from my pocket.

**"Give it back."** I command with authority.

**"This is the reason why you're acting like this. Ayaw mong iwan ang problema mo sa Pinas!"**

**"Iwan ang problema ko sa Pinas? Baka nakakalimutan mong andon ang buhay natin!"**

**"Baka nakakalimutan mo din na may laban kang dapat harapin dito! Kuya! This fight is not just all about your inherits. This is also about our rights in this family."**

Hindi ako nakakalimot. Pero hindi pwede tong gusto nyang mangyari. Lalong nag-init ang ulo ko sa paraan nya ng pakikipag-usap sakin.

Nilapitan ko sya at dinuro sa muka. **"I don't Keigan, but don't ever ask me to do such thing!"**

He push me hard. **"Hindi ka aalis! Harapin mo ang problema mo dito!"**

*Damn it!*

Hinarap nya sakin ang cellphone ko. **"This is the only communication you have with them. You will never have this unless you do your job."**

Mabilis ko syang dinampot sa kwelyo at pabatong binitawan sa pader. Kusang umangat ang kamao ko na akmang tatama sa muka nya but I saw his eyes.

Hindi nya inaalis ang tingin sakin kahit alam nyang pwedeng tumama ang kamao ko sa muka nya. It was lifeless but I see determination to challenge me.

*This is not the Keigan I know.*

**"Go ahead! Hurt me!"** He said and smirk. **"Show me how selfish you are."**

Malalim ang paghinga ko. Tumingin ako sa ibang direksyon bago dahan-dahang ibaba ang kamao ko.

**"Let me guess. This is about that Jay-jay girl, isn't?"**

I didn't say a thing. Nilahad ko ang palad ko para hingin ang phone ko sa kanya. Ayokong magalit sa kanya. I know he's helping me from the start and this isn't the right way to thank him.

**"My phone."**

Hinarap nya ulit sakin ang cellphone ko. He shook his head.

**"No. I am not giving this to you and you are not leaving this country. Kahit subukan mong umalis haharangin kita. By hook or by crook."**

Binulsa nya ang phone ko at mabilis akong nilagpasan. Nabunggo pa nya ko sa braso pero nagtuloy-tuloy lang sya. Alam kong hindi nya ko hahayaang umalis kahit tumakas ako.

I sighs and punch the wall. Aalis ako ng bansang to. They need me now. Hindi pwedeng iwan ko lang sila ng ganun.

*No one will stop me.*

Hawak na ngayon ni Keigan ang phone ko. But he still don't have a clue about my secret phone. I took it out under the mattress and dial a number.

**"Mr. Moskovosky?"** I said as he answered my call.

**["*Mr. Watson. Your private jet plane is ready. I also have an available pilot for you.*"]**

I smirked. **"Thank you, I highly appreciated it."**

**["*No problem. Thank you for purchasing from us, again. Since this is the second time you made business with us, we'll give you a special freebies.*"]** He said and I can sense his devilish smile.

*I don't like what I feel.*

**"Thank you Mr. Moskovosky."**

I ended the call and type a message for Edrix.

**To:** *Edrix*

**Message:** *This Keifer. My phone has been compromised.*

He immediately respond.

**From:** *Edri*x

**Message:** *I'm shutting it down.*

Napaupo ako sa kama pagkatapos hubarin ang pang-itaas ko. I knew Keigan is waiting for his chance to take my phone away. Kaya matapos ang huling pagtatalo namin, tinawagan ko na si Mr. Moskovosky at nakipag-transaction. Bumili talaga ako ng private jet plane dahil hindi ako makakabyahe sa international airport. I also copied my friends phone number.

Sa ngayon hindi pa ko makaka-alis. I will have my chance, sooner or later. Maybe tomorrow or next day. Hahayaan ko munang isipin ni Keigan na nanalo sya. Mahahalata nya ang ginagawa ko kung basta-basta ako kikilos.

Natitigan ko ang phone ko. I want to talk to Jay-jay. I want to know if she's alright. I have this feeling that she's not in herself. Hindi nga nya nagantihan o nakalaban man lang kay Mykel. Sya yung tipo ng tao na lalaban pa rin kahit durog na ang mga buto sa kamao. Kaya nakakapag-taka na ganun ang nangyari sa kanya.

Kung ima-massage ko sya tungkol sa nangyari baka magtaka sya kung paano ko nalaman ang bagay na yon. Hindi ko naman sya pwedeng pilitin magsabi sakin ng problema.

*Bahala na.*

I compose a message for her. Hoping that she'll reply and have a conversation with me.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Missing you now.* 😙

Just few seconds after sending it my phone rings. Her name is the first thing that I saw. I sigh before answering it.

**"Wag ka muna'ng magsasalita."** She said and I freeze. **"...makinig ka lang please. Pakinggan mo lang ang sasabihin ko. Yun lang ang kailangan ko."**

Kahit naman hindi nya sabihin, hindi talaga ako magsasalita.

**"Napahamak yung kapatid ko dahil sakin..."** I heard him breath heavily. **"...K-kasi, pinili kong hindi ituloy yung kasal na inayos nila para sakin. Pero m-malaki ang naging kapalit non. Naghihirap na yung pamilyang tumulong sakin. Bumaba ang tingin nila sa Pinsan ko at pati sa kapatid ko."**

She started crying like a child. The last time she cried like this was when—I told her I used her. It only means one thing, she suffered so much from what happened to Aries.

Gusto kong mag-sorry sa kanya dahil wala ako sa tabi nya. Gusto ko syang yakapin at sabihin sa kanya na magiging okay din ang lahat. Gusto kong....gusto kong....gusto kong sabihin sa kanya ang totoo.

I'm about to open my mouth to speak but the line got disconnected. She ended the call.

Nataranta ako dahil baka kung anong maisipan nyang gawin.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Please continue. Tell me everything.*

I tried to call her but she's not answering. Kinabahan ako dahil baka nga may nangyari na sa kanya. Inulit ko pa yon hanggang sa tuluyan na nyang sagutin.

I feel slightly relief.

**"S-sorry kung na-istorbo kita... Wala k-kasi akong maka-usap tungkol dito. Pakiramdam ko napaka-hina ko. Malas ako at puro mali ang ginagawa ko. Lahat nalang ng mahalaga sakin napapahamak dahil sa mga ginagawa ko. Kahit hindi nila sabihin, alam kong sinisisi nila ko."**

*You are not.* You're not a menace. Stop blaming yourself. Yes, sometimes you're a pain in my ass but because of that you started to get into my nerves. Into my mind and....*into my heart.* Then you never leave.

**"Pakiramdam ko nag-iisa lang ako. Wala akong pwedeng masandalan."**

*I'm here for you. I'm always here for you.*

**"Ngayon lang ako nahirapan ng ganito kahit dati ko pa nararamdaman na parang nag-iisa lang ako."**

*Maybe because you suffered from one problem to another.*

**"Siguro kasi..."**

*Why?*

**"...Keifer."**

*Shit!* I ended the call because of shock. Tinawag ba nya ko? Nakilala ba nya ko? How? Did she recognized me already? She don't, I'm just imagining it. Her sentence are incomplete that's why I thought she called me. *Damn it!* Why do I feel so scared samantalang kanina lang gusto ko ng umamin kung sino ako?

Binitawan ko ang phone at hinilamos ang muka ko gamit ang dalawang kamay ko. Balak ko pa sana syang tawagan ulit pero nakarinig ako ng katok mula sa pinto.

I immediately hide my secret phone.

**"Kuya."** It was Keiren.

**"Come in."**

He open the door and walk toward me. He have this weird look in his face.

**"Can I sleep here? I'm scared of Kuya Keigan."**

Tumayo ako at dumiretso sa banyo para maglinis ng katawan.

**"It's too early to sleep but suit yourself."** I said before closing the bathroom door.

Nag-shower ako para linisin at alisin ang kakaibang pakiramdam sa loob ko. I badly wants to go home. Gulong-gulo na ko sa mga dapat kong gawin. Bakit kailangan pang dumagdag ang school namin? Hindi ba nila mahihintay na maka-graduate kami?

Stupid board members! Matapos lang ako dito ipapakita ko sa inyo kung sino ang tunay na makapang-yarihan.

Matapos maligo dumiretso ako sa walk in closet. Nagbihis ako at binalikan si Keiren na nakahiga sa kama ko. He's trying to get a good position to sleep.

**"Kuya."** He called me. **"Is it normal to talk to your self?"**

**"Murmuring few words to yourself is normal."** I answered without looking at him.

**"Talking and answering yourself? Is that normal?"**

I arch a brow and look at him. **"You think too much."**

Bumangon sya sa pagkakahiga at kinusot ang mata. He looks at me as if he's having second thought.

**"What?"** I ask.

**"Can I tell you a secret about Kuya Keigan?"**

I simply nodded before he moves closer to me. Nilapit nya ang bibig sa tenga ko.

**"I heard Kuya Keigan arguing to himself. He's talking as if there are too many people in front of him but when I look there's none but him."**

*What is happening to Keigan?*

**"M-maybe he's talking over the phone. He's probably using his wireless head phone."** I explain and stand up.

Ayokon isipin ni Keiren ba may problema nga ang Kuya nya.

**"This is not the first time Kuya. Narinig ko din sya dati. Sabi pa nga nya dipatsahin yung babae."** He insisted.

Napaisip ako sandali. Dispatsahin? Who?

**"Go to sleep Keiren."**

Padabog syang nahiga sa kama at nagtalakbong ng kumot. I walk out of my room. Pupuntahan ko sana si Keigan sa kwarto nya pero nakita ko syang naglakad palabas ng suite.

**"Keifer. Nakita mo ba si Keiren?"** It was Honey.

She walks in a hurry while looking around.

**"He's in my room."**

Napabuntong hininga sya pero hindi pa rin nawala ang takot sa itsura nya. I cross my arm and wait for her to speak.

**"He's here. Nag-check in sya dito."** Her eyes are avoiding mine.

**"Who?"**

**"Y-your Dad."**

Kusang bumagsak ang mga braso ko. Can't find the right word to express my anger. Paano sya nakapag-check in sa Hotel na to? This place is highly secured. Malinaw din ang instruction ko na ipagbawal sya dito.

Parang may sariling isip ang mga paa ko na naglakad palabas ng suite. Nakasunod naman sakin ang Honey.

**"WHO THE FVCK LET HIM IN?"** I said in outrage.

**"Inaalam pa ni Keigan."**

Mas binilisan ko pa ang lakad ko. Hindi ko alam kung sinong haharapin ko para lang mapaalis sya dito.

**"Where's the manager—?"** Napahinto ako ng makita ko si Keigan na tumatakbo.

**"You leave Keiren alone?"** He ask in horror.

Nagkatinginan kami ni Honey bago halos sabay na tumakbo pabalik sa suite. Kasunod namin so Keigan na may tinatawagan sa phone nya.

Pagliko namin sa hallway ng suite napahinto kami. Bagsak ang mga bodyguard na nagbabantay sa labas ng pinto.

**"KEIREN!"** I shouted almost lossing my voice.

Pagbukas ko ng pinto, halos huminto ang tibok ng puso ko. Nakaupo si Keiren sa pang-isahang sofa samantalang katapat naman nya ang halimaw.

**"K-kuya."** He called me obviously shaking in horror.

**"Keifer."** His voice still affects me. **"You leave your younger brother behind?"** He ask and smirk.

**"What do you want?"** I try my best to hide my anger.

Seeing him always tempt me to loose my sanity. I clenched my fist ready to punch his face.

*Damn this!*

**"Visiting my sons."** He look at me and Keigan who's behind me. **"You're taller now than the last time we met."**

**"If you have nothing to say. Please leave."** I pointed my index finger at the door.

He chuckled while shaking his head. **"So disrespectful. Is that how you greet your father?"**

*You don't deserve any respect from me.*

**"Why don't you sit down and let's have a little chitchat?"** He pointed the sofa besides him using a....*gun.*

Napahawak si Honey sa braso ko. Narinig ko naman ang pagsinghap ni Keigan. I try my best not remove my eyes from him.

He's really a monster. Hindi man lang nya inisip na matatakot si Keiren sa ginagawa nya.

**"You don't want to? Okay, let's talk like this."** He rest his back and cross his legs. **"So, I heard you're under training for the CEO position."** He chuckled bitterly. **"Mas malaki pala ang pakinabang ko sayo kumpara sa mga kapatid mo."**

He pointed his gun at me and motion it as if his shooting me. Both Keigan, Keiren and Honey gasp.

He laugh seeing their reactions. Keiren silently cry while looking me begging to be save. Ayokong magpadalos baka si Keiren ang pag-initan nya.

**"Tell me, my son. Wala na bang makakapigil ng paglipat ng mana sayo?"** He smiled wickedly. **"Even your older brother?"**

**"O-older brother?"** Keigan ask and move one step forward. **"It's a hoax. A fake rumor."**

He laugh. **"Maybe or maybe not."**

Tumayo sya at nilapitan si Keiren. Agad akong lumapit para sana unahan sya pero sadyang kulang yata ang haba ng binti ko.

Hinawakan nya sa buhok ang kapatid ko. Kitang-kita ko ang panginginig nya habang tahimik pa rin na umiiyak.

**"Take good care of your brothers. Don't ever remove your eyesight from them. Who knows what might happens."** He smile and let him go.

Agad na umalis sa daan nya sila Keigan at Honey. Nilapitan ko si Keiren at niyakap habang pinapanood na umalis ang halimaw. Paglabas nya ng pinto tuluyan na syang umiyak ng malakas.

**"Kuya! Kukuhanin nya ko! Ayoko sumama sa kanya!"**

**"No! I won't let that happen."** I said while hugging him tightly.

Bakit ba sakin nangyayari to? Ano bang ginawa ko bakit kailangan akong parusahan ng ganito?

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 287

**A/N:**

**Advance Happy Birthday!**
Shebah Caromayan
Maria Kristina Bello

**Pinas**

***Keifer's POV***

**"Finish this. We need it for tomorrow's meeting."** Clyde's employee said.

Napatingin ako sa mga papel na nasa harapan ko. Sumasakit na ang ulo ko. Patong-patong na papel ang pinapagawan nila ng summarize and analysis report.

Alam kong gumaganti ang mga employee dito matapos kong mag-under time kahapon. Minura ko pa ang isa sa kanila na sumita sakin na kanina lang ay inutusan akong magtimpla ng kape.

Katabi ang laptop kung saan ako nagt-type ng kung anong report na hinihingi nila. Mag-tatlong oras na din ako dito sa conference room. Nagsisimula na kong makaramdam ng gutom.

I look down and rub my nape. Nakagawa na ko ng presentation at yung ipi-print ko nalang mamaya ang kailangan. And this needs to be done after lunch so Clyde's secretary can double check it.

Napatingin ako sa pinto ng may marinig akong pagkatok. Isang babaeng blonde na may greenish eyes ang nakasilip. Bahagya ding nakasilip ang dibdib nito sa suot na red blouse.

**"Hey, I brought you some snacks."** She said and walk toward me.

Binaba nya ang isang tray na may lamang coffee at apple pie. She's smiling widely while looking at me.

**"Thanks."** I said and return my gaze back to the laptop.

Akala ko aalis na sya pero nanatili pa din syang nakatayo sa tabi ko. I'm quite confuse so I look at her again. She's leaning a bit closer to me but her eyes are focus on the screen of the laptop. Bahagya akong napalayo dahil sa lapit nya na halos mahalikan ko na sya.

**"You're doing a great job. The report is almost done."** She said and look at me.

She moves away when she realize our position. She smiled awkwardly.

**"Please don't do that again."** I said while my eyebrows are knitted.

*My eyes and lips are only for Jay-jay.*

**"I'm so sorry. I-i didn't mean to—I just want to help you with that report."** Her eyes are teary and she's rubbing her hands.

I feel pity on her. Maybe I shouldn't be hard on her. She's just trying to help.

**"It's okay. You don't have to help me. I can do it myself."** I turn and continue typing.

Hindi pa rin sya gumagalaw kaya hindi ma-alis sakin ang iritasyon. Napabuntong hininga ako.

**"Do you still need something?"** I ask without looking at her.

**"The thing is. Mr. Watson's secretary ask me to help you with those papers."** She answered while pointing her fingers at the papers in front of me.

Secretary ni Clyde and tinutukoy nya. Sa totoo lang, kailangan ko nga ng tulong sa lahat ng to. Kaso babae sya at hindi magandang may makakita samin na dalawa lang dito sa conference room. Bukod don hindi rin maganda ang kutob ko sa babaeng to.

Hindi pa ko nagsasalita pero kumuha na sya ng swivel chair at naupo sa tabi ko.

**"So how can I help you with all of this?"**

Kumuha ako ng ilang papel at binigay sa kanya yon.

**"Read this and mark the important details. I'll get back to it later."**

She nodded and start reading the report. Like what I said she mark down the important details. Halos hindi ko namalayan na patapos na ko. Mas maaga ko na-i-send ang report sa secretary ni Clyde.

**"Done."** I said and sigh.

**"Finally."** She stretches her arms and when he stretch her back, her boobs almost pop out.

I look back at my laptop. Pretending to wait for any reply.

*Jay, I didn't mean to look!*

**"Thank you for helping me. You can leave now."** I said without looking at her.

She crosses his legs and played with her swivel chair. **"Maybe I should stay here for while."**

**"Suit yourself."**

Tumayo ako niligpit na ang mga kalat na papel. Pinatay ko din ang laptop at ng akmang aalis na ko, naramdaman ko ang paghaplos ng kamay sa balikat ko.

I stiffed and look at her.

**"Stay here with me."** She said in very seductive voice. **"Let's take a rest here for a while."**

*In the name of Gad. My Jay-jay will cut my d*ck if she founds out that a woman tries to touch me. Please take this temptation away from me. Amen.*

I cleared my throat and shrugged her away. I continue what I'm about to do. Leaving.

Malapit na ko sa pinto ng bigla nalang may humatak sakin. Nabitawan ko ang mga hawak ko papel kasunod ang laptop. She push me back to my swivel chair and sit on my lap. Her legs are both on my sides.

**"Why in a hurry? I just want to know you."** She said and lean to whisper. **"And maybe we can have a little talk."**

Agad kong nilayo ang muka sa kanya. Napansin ko ang nakabukas na ng tuluyan ang blouse nya. Ginulo nya ang buhok at nilapat ang dalawang kamay sa dibdib ko.

**"Please move—STOP!"** I shout when her hands moves to my belt.

Bahagya syang huminto pero tinuloy din ang balak. Hinawakan ko agad ang kamay nya para pahintuin sya. Ramdam ko ang panginginig nya, marka ng takot sakin.

I don't feel seduce. I feel loathe to this woman. Kapag hindi ako makapag-pigil baka mapatulan ko sya at masaktan.

**"Move away now."** I said with authority.

Napalunok sya at dahan-dahang tumayo. Ganun din ang ginawa ko at inayos ang necktie ko. Pero laking gulat ko ng bigla syang lumuhod sa harap ko at hinawakan ang belt ko. Kasunod non ang tunog ng camera shots.

*I knew it.*

Hindi ko na napigilan ang sarili ko at sinakal paangat ang babaeng to sa harap ko. Pabato ko syang sinandal sa pader na hindi pa rin inaalis ang pagkakasakal sa kanya.

**"What are you trying to do? Who send you? Who the fvck send you!"** I shouts and she starts to cry.

Hindi sya makapag-salita ng maayos dahil sa pagkakasakal ko. Lalo pang ko pang hinigpitan ang pagkakasakal sa kanya dahil sa ideya na kinuhanan kami ng litrato sa ganung itsura. Pano kung ipadala nila yon sa Pinas?

*Damn it!*

**"Who took the picture?!"** I ask again but she's just crying while trying to catch her breath.

Dalawang kamay na ang ginamit ko para sakalin sya. Sinubukan din nya king pigilan pero wala na syang lakas. Hanggang sa mapansin ko ang pamumutla nya.

For some reason I saw Jay-jay's face into her. Gasping for air while I choke her. It was a very traumatic image. Kusang bumitaw ang kamay ko dahil sa takot na naramdaman.

*No! I will never do such thing to her.*

Tinignan ko ang babaeng kanina lang ay sakal-sakal ko. Nasa sahig sya at patuloy sa paghahabol ng hangin. Patuloy din sya sa pag-iyak.

**"When are you planning to talk?"** I ask him and she looks at me.

**"I-it was Thomas, Mr. Clyde's secretary."** She answered.

Plano ba to ni Clyde? Kusang humakbang ang mga paa ko. Malalaki ang hakbang ko papunta sa opisina nya. Ilang tao din ang hinawi ko para lang makalakad ng mabilis.

Pagdating don hindi na ko kumatok. Tuloy-tuloy akong pumasok at ng makita ko ang secretary nya, malakas ang suntok ang pinakawalan ko.

Dinig ko ang pagkabasag ng buto sa ilong nya kasunod ang pagkatanggal ng ilang ngipin. Bumagsak sya sa sahig kasunod ng pag-agos ng dugo.

**"Where is it? Where's the picture?"** I shout and grab his shirt.

Hindi sya makapag-salita dahil sa lakas ng agos ng dugo sa ilong at bibig nya.

**"Keifer!"** It was Clyde's booming voice. **"Let him go."**

I let him go but my eyes are still looking at him. Dahan-dahan syang tumayo habang pilit pinipigilan ang pag-labas ng dugo sa ilong.

**"Help him."** Utos ni Clyde at dun ko lang nakita na may kasama pala sya.

Dalawang lalaki ang lumapit sa kaharap ko at tinulungan syang maglakad palabas. Sinundan ko sila ng tingin. Pagsara ng pinto agad na umamba ng suntok si Clyde sakin pero inunahan ko sya.

Nakadikit na ang kamao ko sa muka nya ng pareho kaming huminto. Walang kumukurap at parehong malalim ang paghinga.

**"What the hell is that for?"** He ask still not moving his clenching hand.

**"You planned this, did you? Delete the fvcking picture or I'll delete your face."**

**"I don't know what your talking about."**

I sigh and put down my fist and he did the same. Inayos nya ang necktie at coat bago lumakad palapit sa executive table nya.

**"I can sue you for hurting my secretary."** He said without looking at me.

**"Then sue me! But I will still break his jaw for taking that picture!"**

He looks at me confuse. **"What picture?"**

*Now where playing dumb.*

**"Delete the fvcking picture!"**

**"What picture?! I don't understand! What picture are you talking about?!"** He said sounds irritated.

Lumapit ako sa kanya at sinuntok ang lamesa nya. He flinch a bit but regain his posture.

**"Someone took a picture of me with a woman in nasty position! That woman said it was your secretary!"** I sighs to control my temper. **"Don't you dare try to use it against me."**

Bahagya syang tumawa na lalo kong kinainis. Plano nya to! Alam ko at hindi ako tanga sa ginagawa nyang paglalaro sakin. Maybe he's planning to use it as a blackmail.

**"You're with a woman? In a nasty position?"** He ask while smiling.

I didn't answer. His smile turn into a laughter.

**"A Watson will always be a player."** He said and shook his head. **"You have nothing to be afraid of. It's common for us to have a woman....in a nasty position!"**

He laugh again. He even hit the top of the table just to express his happiness.

*Fvck this!*

Sya siguro normal lang na may babae. Ako hindi! Bukod kay Mom, si Jay-jay lang babae sa buhay ko. Wala akong planong maging player. Wala akong planong magdagdag ng babae sa buhay ko.

I look at him deadly. Mukang nakuha naman nya yon at unti-unti syang tumigil. I slightly lean on him and point my finger in his face.

**"Delete that picture Clyde or I will delete the existence of your secretary in this world."** I said slowly. Word for word so he can understand clearly.

**"Why so eager to delete the picture? Afraid that your girlfriend might see it?"** He said mocking me.

**"More than that."** I said and slowly step back. **"More than that Clyde."**

I don't want her to see it because she will get the wrong impression and that is not good especially that we're both in fatal situations. That picture will ruin the little hopes that we have. I can't afford to her suffer again because of me.

*It will break me.*

He sigh sounds defeated. **"Alright. I'll search for it and delete it for you. So you can sleep peacefully tonight."**

Hindi na ko nagsalita. Lumabas na ko ng opisina nya at dumiretso sa conference room. Nagawa pa kong pagtinginan at pagbulungan ng mga nasasalubong kong employee.

Wala na yung babae pagdating ko sa conference room. Kinuha ko ang nagkalat na papel at laptop sa sahig. Pinulot ko yon at inayos ulit. Hawak ko ang mga yon paglabas at lumapit agad ako sa table ng isa sa employee na syang nag-utos sakin na gawin to.

Bahagya pa syang natakot ng makita ako. Binaba ko ang laptop at mga papel sa harap nya.

**"I'm done. The copy is inside the laptop."** I said and he slowly nodded.

Tinalikuran ko sya at naglakad palapit ng elevator. Wala na kong planong bumalik sa table ko at sumunod sa mga utos nila. Nag-iinit pa rin ang ulo ko at baka kung anong magawa ko sa mga employee dito.

Pagpasok ko sa loob ng elevator, masama kong tinignan ang mga babaeng nag-uusap sa loob. Tumahimik sila at pumwesto sa malayo sakin.

Pakiramdam ko na-trauma ako sa babaeng yon. Hindi ko mapigilan na hindi mainis sa mga babaeng naka-pencil skirt.

Malalaki ang hakbang ko ng bumukas ang elevator. Sa parking ako dumiretso kung saan naghihintay ang service ko. Kung dati isang driver at bodyguard lang ang naghihintay sakin ngayon meron pang isang kotse kung saan nandon ang ibang bodyguard.

**"Sir?"** The driver ask.

**"Hotel."** I answered calmly.

Pinikit ko ang mata ko habang umaandar ang kotse. That woman gives me so much stress. Next time I will follow my instinct. Kapag nalaman to ni Keigan, aawayin ako non at sasabihing pabaya ako.

*Oh fvck!*

What if Jay-jay still find this out? I loose her! *I can't loose her! I can't! I can't!* I will die if I loose her.

**"We're here Sir."**

Dinilat ko ang mata ko at lumabas ng kotse. I suddenly feel goosebumps. Alam kong umalis na ang halimaw naming Ama dahil na rin sa utos ng owner ng Hotel pero pakiramdam ko may mga mata pa rin syang naiwan dito.

Dumiretso ako sa suite namin. Honey is the first one that I notice. She's talking on her phone but her eyes are on me.

**"Yes, I will."** She said before ending the call. **"Keifer, follow me."**

Lumakad sya palabas ng suite at dumiretso sa suite nila. Kinuha nya ang paper bag sa ibabaw ng coffee table.

**"Everything is ready. Go signal mo nalang ang hinihintay."**

Binuksan ko ang paper bag at tinignan ang mga damit na pinabili ko sa kanya.

**"Just stay in my suite for tonight."** Binalik ko ang damit sa paper bag. **"Ipadala mo to sa kwarto gamit ang house keeping or food delivery."**

She nodded. **"Bakit ayaw mong ipasabi to kay Keigan?"**

**"Better to be that way."**

Hindi na sya nagsalita. Lumabas na ko ng suite nila at bumalik sa kwarto namin. Pinuntahan ko muna ang mga kapatid ko para malaman kung ayos lang ba sila.

Keigan is sleeping on his bed. There's a book on his chest and his eye glasses are on top of it. Kinuha ko pareho yon at binaba sa bedside table nya. Nilagyan ko din sya ng kumot hanggang dibdib. Visible lines of exhaustion are showing up on his eyes. Isa to sa dahilan kaya ayokong sabihin ang plano ko. Pagod na sya at idagdag pang meron syang pinagdadaanan na ayaw nyang sabihin samin.

*I'm sorry Keigan, may mga plano akong hindi mo na kailangang malaman.*

Pinatay ko ang ilaw ng lampshade at lumabas na ng kwarto nya. Pumunta ako sa kwarto Keiren. He's awake and currently putting some clothes in his backpack.

**"Kuya, Honey said you told her to ask me to do this."** He said before zipping close his bag.

Lumapit ako at naupo sa tabi nya. **"Yes. I did told her."**

**"Why?"**

Ginulo ko ang buhok nya. **"Galit ka ba kay Kuya kasi muntik ka ng makuha ni Dad?"**

He shook his head. **"I got scared. I know he's a bad guy."**

There's no point on saying '*No*', he's a smart just like his Kuya Keigan. But I still don't want him to think that way. Kahit ganun naman talaga ang lalaking yon.

**"I always heard Kuya Keigan cursing at him. Saying things like, rapist, murderer and a living demon. So I know he's a bad guy."** He explained making my mouth gap open.

I lost my words. Unable to say a thing. Hindi ako makapaniwala nasabi yon ni Keigan. Maybe he did experience traumatic things when he's with him.

**"Galit lang ang Kuya mo. Don't mind him."**

He looks at me as if he's not accepting my explanation. Kinuha ko ang backpack nya at nilagay yon sa ibabaw ng kama nya. Tinulungan ko din syang ilagay ang ibang gamit sa isang pang bag. Kaunti lang ang pinapadala ko sa kanya pero matigas ang ulo nya.

**"Kuya, why do I need to leave? Is Kuya Keigan coming with me? Ayoko syang kasama."**

Bahagya akong natawa sa huli nyang sinabi. Matalino talaga sya. Wala pa kong malinaw na explanation pero nakuha agad nya na sya lang ang aalis.

**"He's staying with me."** I said as I close the zipper of his bag. **"Wala ka ng dadalin? Ito na lahat?"**

He nodded shortly. **"So, why do I need to leave?"**

Tumayo sya at ako naman naupo para pantayan sya. Inayos ko ang suot nyang jacket at ganun din ang buhok nya.

**"Mahina kasi si Kuya, hindi ko pa kayang protektahan ka lalo na ngayon na nasa malapit sya. Ilang araw o linggo lang naman tapos makakasama mo na ulit kami."**

**"Okay lang, alam ko naman busy ka. Ayoko din naman dito."**

I force myself to smile. **"Promise. After this we'll go anywhere you want."**

He smiled widely. **"Can we go to Ocean Park?"**

**"Yes we can."**

Tumayo na ako at kinuha ang mga bag nya. Paglabas ng kwarto nya naka-abang na si Honey at isang Food Service crew. Inabot sakin ni Honey ang paper bag kung nasan ang susuotin ko at ilang gamit na kakailanganin ko.

**"Good evening Sir."** He greeted me. **"Ms. Honey already explained to me everything."**

I nodded. **"I'll wait outside."**

**"This is the area without cctv cameras."** He said and showed up his phone with a map.

He pointed the area where I can wait for them. Pamilyar naman sakin ang mga tinuro nya kaya wala akong problema. Kailangan kong magtiwala sa tao na to dahil sya lang pwedeng tumulong samin. Tahimik lang dapat at walang masyadong eksena para walang makapansin.

My Dad has his eyes everywhere inside this hotel. Magkamali lang ako mawawala sakin ang kapatid ko. Pano kung mangyari din sa kanya ang nangyari kay Keigan? Baka hindi ko kayanin.

**"I'm leaving now."** I declare and face Keiren. **"Kapag may ginawa sayo ang lalaking to. Alam mo na ang gagawin?"**

He nodded and walk towards Honey. Tinulungan sya nito na makasakay sa ilalim na bahagi ng cart na natatakpan ng puting kumot. Nilagay din don ang mga gamit ni Keiren at Paper bag na bigay nya.

Lumabas na ko suite at dumiretso sa parking sa labas. Sinalubong ako ng driver at bodyguard ko. Sumakay ako sa kotse at ng makalayo na kami huminto kami sa lugar na tinuro nung Food Service Crew.

Lumabas na ang driver at bodyguard para iwan ako. Yun naman kasi talaga ang plano, ako lang maghahatid kay Keiren sa pupuntahan nya. Lumipat ako sa driver's seats. Tinignan ko ang wrist watch ko.

*30 minutes.*

Yun ang palugit ko sa lalaking yon. Kapag wala pa sya ng ganung oras, I'll find him and make him regret.

Ilang minuto pa lang ang lumilipas pero naiinip na ko. Binalak ko pang manigarilyo pero nawala sa isip ko na bumili. Naalala ko din ang kasunduan namin ni Jay-jay tungkol sa sigarilyo.

*One cigarette no profanity kiss.*

Minabuti ko nalang na padalhan ng mensahe ang Piloto'ng pinadala ni Mr. Moskovosky.

Napatingin ako sa isang lalaki na may tulak-tulak na malaking basurahan. Luminga-linga pa sya bago tumawid papunta sakin. Hindi na ko bumaba pero inunlock ako and pinto sa passenger seats.

Bumukas yon at tumapat ang basurahan.

**"Kuya."** Keigan said while crawling out. **"It's mabaho here."**

Napangiti ako habang tinutulungan syang makaupo ng maayos. Kinabit ko din ang seatbelt nya. Inabot naman nung lalaki ang mga gamit ni Keiren at Paper bag.

**"I'll go now Sir."**

Tumango lang ako at hinayaan na syang makaalis. I start the engine and drive the car. May ilang oras din kaming bumabyahe hanggang sa maisip kong huminto sa isang gasoline station. Keiren need to use the toilet while I need to change my clothes.

Sabay kaming pumasok sa comfort room. Ginawa namin pareho ang mga dapat naming gawin. Pagkatapos magbihis kinuha ko ang disposable phone na hinanda ni Honey para sakin.

I open it and check the numbers. Agad kong pinadalhan ng message ang taong pakay ko at sya ring pagbibilinan ko tungkol kay Keiren.

**"I'm done Kuya. Can we buy some food?"**

**"Sure."**

Binulsa ko ang phone at lumabas na. Dumiretso kami sa convenience store sa tabi lang ng comfort room. Keiren almost took all the candies at the stall.

Hindi ako pwedeng gumamit ng card dahil baka ma-trace ako ni Keigan. Napilitan akong pagkasyahin ang cash sa wallet ko.

**"Let's go Keiren."**

We need to move faster. The pilot gives me a schedule to catch. Kapag hindi umabot sa oras aalis sya kahit wala pa kami.

Sa isang private jetport ang punta namin. Malayo sa syudad at malayo sa halimaw na yon. Para masiguro ko na hindi nya malalaman ang pag-alis namin.

Half an hour before we reach the airport. Nakatayo ang pilot at nakapamaywang habang inaabangan kami. Pinarada ko ang kotse sa hanger at nagmadali sa pagbaba.

**"Mr. Watson! We have schedule to follow!"** The pilot said and remove his aviator.

Dala ang gamit ni Keiren sa kanang kamay habang hawak ko naman sya sa kaliwa, halos hindi nya makita ang dinadaanan dahil sa hawak na pagkain.

**"Come on, hurry up."** I said as I push him to climb up.

**"Okay! Stop pushing me!"**

Halos mapahiga ako sa unang upuan na pinwestuhan ko. While Keiren sits just beside me. Huli ko na napansin ang magarbong disenyo ng loob ng jet plane.

*Damn the luxurious of this jet plane.*

**"Can I help you with your baggage?"** A flight stewardess offer.

My eyes grew bigger. Ganito ba talaga ang stewardess sa jet plane. Her ginger red hair are glowing. Her uniform are fitted revelling her sexy curve. And her boobs are showing up. Agad kong tinakpan ang mata ni Keiren na kasalukuyang busy sa pagkain.

**"T-thank you."** I said and handed her Keiren's bag.

Mukang nakukuha ko na. Ito ba ang freebies na sinasabi ni Mr Moskovosky? Sira-ulong yon! That's why I don't feel good with his words.

Hinampas ni Keiren ang kamay ko kaya binitiwan ko na sya. The coast is clear anyway so It's safe.

Napatingin ulit ako sa stewardess ng lumapit sya at mag-offer ng inumin. I simply nodded still avoiding the trap. *The booby trap.* Tumalikod sya para kumuha ng baso at lalo pa kong nabigla sa skirt nya. Her undies are showing every time she bent down.

*In the name of Gad. I'm still a man I have needs but Jay-jay is what I truly need. So please give me strength to face this trial and ask my d*ck to calm down. Amen.*

I prayed silently. I even close my eyes and think about my Jay-jay. My future wife, smiling and waiting for me while laying in my bed—*wait! What?*

Napadilat ako at napatingin sa ibaba. Damn! Lalo yatang nagka-problema.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++
**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 288

**A/N:** yes! Malapit na POV ni Jay-jay.

**Kuya**

***Keifer's POV***

Nakapasan sa likod ko si Keiren habang pababa kami ng eroplano. Tulog na tulog dahil na rin siguro sa haba ng byahe. Madaling araw na din kami nakarating sa Pilipinas.

As expected, naka-abang na ang susundo samin. Nakasandal sa kotse nya, cross arm while creasing his forehead. Lumapit ako sa kanya.

**"How long have you been waiting?"** I ask him.

Tiger looks at me. **"Kalahating oras siguro."** He yawn and didn't bother to cover his mouth.

Binuksan nya ang backseat door ng kotse nyang kulay dilaw at tinulungan akong isakay si Keiren. Pagsara nya ng pinto napansin ko ang pagtingin nya sa eroplanong pinanggalingan ko.

Lumingon din ako at nakita ko ang flight stewardess na pababa ng eroplano. Dala nya ang mga gamit namin na nakalimutan ko pala. Nahilamos ko ang muka ko gamit ang kamay ko.

*Damn this woman.*

Tumatalbog kasi ang dibdib nya sa bawat hakbang nya.

**"Mr Watson. You forgot this."** She said in a sweet voice.

Kinuha ko ang mga gamit at nilagay sa loob ng kotse. Napansin ko ang malawak na ngiti ni Tiger. Mukang nawala ang antok nya ng makita ang stewardess.

**"Hi Miss."** Bati nya at kumaway naman ang babae pabalik sa kanya.

I rolled my eyes. Ang dali talaga nyang makapang-akit ng lalaki. Abot-abot ang pagdarasal ko sa buong byahe namin. Lahat na ng santo tinawag ko at kahit hindi ako relihiyoso, nadasal ko yata lahat ng uri ng dasal.

I belong only to Jay-jay. Sya lang ang pwedeng humawak sa katawan ko at kanya lang ang buong pagkatao ko. Natutukso ako dahil lalaki ako pero kaya kong labanan yon.

**"Chicks yan."** Tiger said and look at me while wiggling his eyebrows. **"Ano ginawa nyo sa buong byahe?"**

**"Natulog."** I answered before getting inside his car.

Napatanga ako sa mga kolorete ng sasakyan nya. His wheel are covered with yellow fur. The dashboard has the same texture but has a different design. Still has the touch of yellow. Ang sakit sa ulo tignan ng interior nya. Head pillows are yellow head the eyes and taik of a pokemon.

*I think this is pikachu.*

Sumakay na din si Tiger sa kotse nya. Malapad ang ngiti nya habang nagmamaneho.

**"Wala talaga kayong ginawa nung babae? Sayang yon."**

**"Mas malaki ang panghihinayangan ko kapag pinatulan ko yon."**

He shook his head. **"Bakit ba nag-ta-tyaga ka dun sa pinsan ni Angelo?"**

**"Excuse me?"**

**"No offense. Marami namang mas maganda don tapos mas babaeng-babae pa."**

**"Babae si Jay-jay."** I said as I cross my arms. **"Maybe boyish but still a woman."**

**"Tomboy yon."**

**"No she's not."**

**"Tomboy nga yon!"**

**"She is not."**

**"Tomboy sinabi yon!"**

*What the...*

**"Why do you keep insisting that she's a lesbian?"**

Malapit-lapit na kong mapikon sa kanya. Si Jay-jay pa talaga ang sinabihan nya ng tomboy. Yes, she do moves like a man, fight like a man, punch like a man, eats like a man, trash talk like a man—*okay! Almost like man!* But she's still a very beautiful woman for me.

**"Nakita ko na sya dati."** He said that makes me look at him. **"Nung namasyal kami sa probinsya nila Angelo. Nakita ko na sya don."**

Hindi ko alam na pumunta sila don. Kahit naman alam ko hindi pa rin nila ko pasasamahin o kami. Angelo's friend keep insisting that we're too young to be with them. Pero ginagawa naman akong utusan kapag nakikita ako.

**"That was a very long time a go. Paano mo yon naalala? Kala ko ba mahina memorya mo."**

**"Ay harsh."** He said and smirk. **"Minamaliit mo ang memorya ko."**

Bahagya akong pumikit dahil sa liwanag ng ilaw ng kotseng kasalubong namin.

**"Hindi pero alam ko maliit ang utak mo."**

Bigla nalang nyang tinapakan ang preno. Halos masubsob ako dahil sa ginawa nya pero mas inalala ko si Keiren na tulog na tulog sa likod lang namin. It's a good thing he doesn't fall and still sleeping peacefully.

**"What the hell is it?"** Inis ko syang hinarap.

Nakalabas ang ulo nya sa bintana at nakatingin sa likod. I look the same direction he's looking but there's nothing at the dark road.

**"Ano namang tinitignan mo?"**

Hinarap nya ko na parang gulat na gulat.

**"Namalik-mata yata ako. Parang nakita ko si Raffy at Ion."** Sabi nya na parang nabigla talaga ng husto.

**"Who?"**

Bahagya syang sumibangot. **"Sino ba satin ang may problema sa memorya?"**

**"Oo na! Naalala ko si Raffy o Rafael. Sya yung naka-salamin nyong kaibigan na madalas na taga-tawa at taga-ngiti lang."**

Napasabunot sya sa sarili. **"Para talagang sila yung nakita ko."**

**"Pano naman sila mapupunta dito? Akala ko ba nawawala si Rafael at....Ion."**

It doesn't make any sense. Ngayon ko lang naisip ng bagay na to. Rafael and Ion are both missing. Angelo's friend and girl are both missing for I don't how long.

Kapag nalaman ni Angelo ang nakita ni Tiger kahit malik-mata lang, tutubuan ng hinila ang isang yon at malamang na gumawa sya ng mga hakbang ng hindi nag-iisip.

**"Baka naduling ka lang. Matanda ang driver na nakita ko."** Pagsisinungaling ko.

**"Parang sila talaga."** He said to himself.

**"Antok lang yan. Ako nalang ang mag-d-drive."** Sabi ko at akmang bubuksan na ang pinto.

**"Iihhh no!"** Maarteng sabi nya at niyakap ang manibela ng kotse nya. **"Ako lang pwede mag-drive kay Baby."**

*Baby? He called his yellow car a baby?*

**"Did you just call your car a....fvcking baby?"**

Bigla nalang nya kong hinampas sa braso. Nabigla ako sa ginawa nya dahil para syang babae na nagtampo sa boyfriend.

**"Don't curse my Baby!"** He said and kiss the wheel before hugging it again. **"Don't worry Baby, loves ka ni Daddy."**

Napangiwi ako. Damn! Kaya yata walang girlfriend and isang to dahil mas mahal pa nya ang kotse nya kesa sa mga babaeng nakikilala nya.

Ini-start ulit nya ang kotse at pina-andar. Nanahimik nalang ako habang patuloy pa rin sa pagsasalita.

Sinabi ulit nya na nakita nya si Jay-jay dati. Kailan lang nya napatunayan na sya nga yon. Napangiti ako habang ini-imagine ang itsura nya noon.

**"Madungis, tapos wala syang tsinelas. Ang kalaro nya mga lalaki, nakikipag-away pa nga."**

Naisip ko tuloy, pano kung noon ko pa sya nakita at nakilala? If Aries did introduce her to us. Maybe we become friends or enemy like the first time we met. Hindi siguro ganito ka-komplikado.

Habang patuloy sya sa pagku-kwento hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako. May liwanag na ang langit ng magising ako.

**"Breakfast?"** Dinig kong tanong ni Keiren habang inaabot sakin ang isang tinapay.

I accept it and thanks him. Tinignan ko si Tiger na meron ding kinakain habang nagmamaneho.

**"Malayo pa ba tayo?"**

**"Dito na."** He said and pointed out the house not too far away from us.

Ngayon nakita ko yon, nagsimula ko ng mapansin ang lugar. Balot ng matataas at matatayog na puno ang paligid. Parang tinago talaga ang bahay sa publiko. Wala ring ibang bahay sa malapit. Ang mahabang daan ay tumutumbok lang sa isang destinasyon.

*That creepy house.*

Huminto kami sa mismong harap non. Sa unang tingin mukang lumang probinasyong bahay lang ito, but it's not. Front lang ang kahoy na poste at kapis na bintana. Kung titignan sa malapitan pintura lang ang kulay kahoy. Ang bintana naman ay salamin talaga na kinulayan lang din para magmukang kapis.

Bumaba si Tiger pero nanatili muna kami ni Keiren sa loob ng kotse nya. Nag-doorbell sya at hinintay na bumukas ang pinto.

Ilang minuto kaming naghintay pero walang nagbubukas ng pinto. Inulit ni Tiger ang ginawa at sinamahan na rin ng pagkatok.

Bumukas ang pinto pero sa halip na tao, baril ang sumalubong sa kanya. Mabilis na napataas ang dalawang kamay ni Tiger habang humahakbang paatras.

**"Istorbo ka Leo!"** Sabi ng babaeng may hawak ng baril

Ang isa sa Teacher namin sa HVIS. Ang tangging teacher na kinatakutan at kinahumalingan ng Section E.

*Ms. Cindy Smith.*

Malapad na ngumiti ang Leo. **"Naistorbo ko ba ang labing-labing nyo?"**

Naningkit ang mata ni Ma'am Cindy at kinasa ang shotgun na hawak. Mabilis na napa-atras si Tiger habang nakatawa pa rin.

**"Oy! Oy! Wag kang manakot ng ganyan!"** He said while trying to find a place to hide.

**"Hindi ako nana-nakot. Babarilin talaga kita."**

Muka namang hindi talaga natatakot ang Tiger na to dahil tawa pa sya ng tawa.

**"Kuya, who's that?"** Keiren ask.

**"That's my teacher."**

Hindi pa rin tumitigil ang dalawa hanggang sa nakitang kong palabas ng pinto ang taong syang tunay na pakay ko dito.

**"Tigil mo na yan."** His serious voice are so deep. **"...Inaasar ka lang ng Leo na yan."**

**"Tsk! Tiger hindi Leo."** Inis na sabi ni Leo.

Binuksan ko ang pinto ng kotse at bumaba na. Napatingin silang tatlo sakin.

**"Sir Alvin."** I greeted him.

**"Alvin lang, wala tayo sa school."** He said and went back inside his house.

Sumunod sa kanya si Ma'am Cindy at Tiger. Pinababa ko na si Keiren mula sa backseat at kinuha ang mga gamit nya.

Eto ang dahilan kung bakit nagpahanap ako ng disposable phone kay Honey. Kailangan ko ng lugar na pwedeng pagtaguan ni Keiren malayo sa halimaw naming Ama.

Pero walang alam si Keigan tungkol dito. Our original plan is to send Keiren somewhere in United Kingdom which I think is dumb. Maraming mata ang lalaking yon kaya malalaman din nya kung nasan ang kapatid ko.

Alam ko rin na ko-kontra sila kapag nalaman nila na sa Pilipinas ko dadalhin si Keiren. We don't have anything here. Kaya pumasok sa isip ko ang manghingi ng tulong sa mga taong hindi basta-basta.

*Like Angelo.*

But he'll definitely ask for a payment. So better to ask someone else. And Sir Alvin came up in my mind.

Kusang sumara ang pinto pagpasok namin sa loob. Malaki ang bahay at kung makaluma ang itsura nito sa labas makabago naman sa loob. Walang masyadong display o figurine. Kumpleto naman sa mga gamit.

Binaba ko muna ang gamit sa sofang itim nila. Dumiretso kami sa Dining na katabi ng mismong kusina. Naka-pwesto na ang Tiger sa lamesa at nagsisimula ng kumain.

**"Ano pangalan ng kapatid mo?"** Ma'am Cindy ask.

**"Keiren."**

She nodded before putting down a plate full of fried rice. She also get an empty plate and glass.

**"Keiren, sit here and have a breakfast."** She said as she pulled the empty chair for my brother.

Tumingin sakin si Keiren na parang nanghihingi ng permiso. I nodded shortly and let go of his hand. Lumapit naman sya sa bangkong hinatak ni Ma'am.

**"Kain na Keifer liit."** It was Tiger.

Tumatalsik pa ang kinakain nya habang nagsasalita. Punong-puno ang bibig nya at parang mauubusan. Panay pa ang kuha nya kahit marami pang nakalagay sa plato nya.

I sigh. I'm not here to observe them. I decided to look around and find Sir—Alvin, I mean. Meron pa kaming dapat pag-usapan dahil hindi maayos ang naging pag-uusap namin sa phone.

Napansin ko ang pag-galaw ng anino sa isang bukas na pinto. Sinilip ko yon at nakita ko ang pakay ko.

**"Mind if I disturb you?"** I ask after knocking shortly.

Bahagya syang lumingon. **"Pasok."**

Pumasok ako kagaya ng utos nya at nakita ko ang tunay na pinagkakaabalahan nya. He's cleaning his guns. Nakahilera yon sa lamesa. Nakalagay din don ang mga ginagamit nya sa paglilinis.

By watching him now I'm starting to see the other side of Sir Alvin. Malayong-malayo sa teacher namin na laging nakiki-usap na umayos kami.

**"Gaano katagal naming babantayan ang kapatid mo?"** He ask without looking at me.

Kinasa nya ang isang baril at tinutok yon sa iba't-ibang direksyon.

**"Pagkatapos ng birthday ko kukuhanin ko na ulit sya."**

**"Gusto ko lang ipa-alala sayo na hindi wife material ang asawa ko kaya wag ka mag-expect."** He explained. **"Bukod don, he might witness us holding a gun from time to time. My wife don't know how to cook perfectly, she knows how to use a bazooka but she don't how to use a vacuum."** He sighs and rest his hands on top of the table. **"Ayoko talaga ng may bata sa bahay pero may utang na loob ako sayo at gusto na kitang bayaran. Kaya hahayaan ko muna ang kapatid mo dito."**

My lips form a smile but more like a smirk.

**"Do you and your wife are having some kind of couples issue?"** I ask and cross my arm.

He sighs again before facing me. **"She wants a child."**

**"But you can't."**

He chuckled. **"Wala nga nakaka-alam na kasal kami. Ipapa-patay sya ng Lolo ko kapag nalaman nila."**

**"Ang hirap ng may issue sa pamilya."**

Napailing sya. **"Sinabi mo pa."**

Sandaling katahimikan ang namayani samin. Sandali nyang hinarap ang mga baril at isa-isang nilagay yon sa mga bag.

**"Kukuhanin ko lang ang mana ko. Kapag kaya ko na, tutulungan din kita."**

**"Don't bother. Ayoko ng magka-utang na loob sayo."**

Napangiti ako. He's really a man full of pride. Nakakamangha na kaya nyang lunukin yon para maging ibang tao.

**"You're still going to work?"** I ask him.

**"Yeah. Mukang kailangan mo ding pumunta don."**

*Muka nga.*

Natapos sya sa ginawa at nilabas ang mga bag. Sinundan ko sya at pinanood na ilagay ang mga baril sa secret storage nya. Bawat sulok yata ng bahay meron.

**"Alam ba ni Angelo na dito mo dinala ang kapatid mo?"**

**"Wala naman akong dahilan para ipa-alam pa sa kanya."**

He shrugged his shoulder and continue placing the guns in different places. Under the table, at the ceiling, under the tiled floor and many unexpected places. Halos naikot na namin ang buong bahay. Pati second floor at kwarto nila nalagyan na din.

Ang kusina ang naging huling destinasyon namin. Naabutan ko si Ma'am Cindy na inaasikaso si Keiren, naging mabilis ang pagbabago ng expression nya ng makita nya kami.

Binuksan ni Alvin ang isa sa mga drawer at nilagyan ng baril.

**"Tang'na! Hindi pala sandok ang panluto nyo dito sa kusina."** Tiger said while eyeing us in the kitchen.

**"Wag ka magmura!"** Ma'am Cindy said.

Natapos pag-aayos ni Alvin sa baril. Tinapik nya ko sa balikat bago lumapit sa lamesa para kumain.

**"Kumain ka na Keifer."** Aya ni Tiger.

Parang sya ang may-ari ng bahay kung makapag-aya sya. I just join them at the table. Habang kumakain kami pinaliwanag ni Alvin ang set up sa bahay ngayong andito na si Keiren sa kanila.

Hindi sila pareho schedule kaya pwede silang magpalit ng tatao dito sa bahay. Ngayong umaga si Ma'am Cindy ang kasama ni kapatid ko. Sa tanghali naman ang asawa nya.

Matapos kumain dinala ko muna si Keiren sa sala para kausapin.

**"Hey, do you like this place?"** I ask him.

He nodded. **"Dito ba muna ko?"**

**"For a while. Kapag maayos na ang lahat babalikan kita."**

**"It's okay. Alam ko namang marami kang gagawin. Kuya Keigan keeps saying that I should not bother you. Ayokong maging sagabal."**

**"No, hindi ka sagabal. Magulo lang kasi ang utak ko. Hindi ko alam kung alin ang uunahin ko. Kailangan ko lang ng tulong ng kaibigan."**

**"I understand Kuya."** He said and hug me. **"Basta balikan mo ko."**

**"Of course I will."** I said and hug him back.

Bumitaw sya sakin at tinignan ako. Ngumiti ako sa kanya at ginulo ang buhok nya.

**"Wag kang lalabas ng bahay. Wag kang sasagot ng telepeno. Wag kang makikipag-usap sa hindi mo kakilala. Wag kang magbubukas ng pinto. Wag ka ring makulit. Baka barilin ka ni Ma'am Cindy."** I said and laugh.

He smile and nodded. Inabot ko sa kanya ang mga bag nya at hinayaan na syang pumunta sa kwartong ituturo daw sa kanya.

I watch him run upstairs. Hindi ko maiwasan na hindi mapa-isip ng kung ano-anong bagay. Na-trauma kami non ng ilayo samin si Keigan, mag-kaiba man ng pangyayari pero halos pareho ang epekto sakin. Ayoko talaga syang ilayo pero yun ang kailangan.

Kinuha ko ang disposable phone sa paperbag at tinext ang isa sa pakay ko sa pagbalik ko ng bansa.

*Angelo.*

**To:** *Demon*

**Message:** *any updates about the initiation?*

Napatingin ako kay Tiger ng maglakad sya palapit sakin. Naupo sya sa mahabang sofa at halos humilata don.

**"Hindi ka pa ba aalis?"** I ask him.

**"Teka lang naman. Papahinga lang ako."**

I look at him straight in the eyes. **"Tiger, siguraduhin mong hindi ka magsasalita tungkol dito."**

Tinapat nya ang dalawang daliri sa labi at minuwestra na parang zipper na pasara.

May kadaldalan pa naman sya kaya kailangan kong masiguro na tatahimik sya. Napatingin kami pareho sa hagdan. Pababa si Alvin kasunod ang asawa at si Keiren.

**"Let's go."** Alvin said.

Dumiretso sya sa pinto at sumunod naman si Tiger sa kanya. Hinarap ko si Ma'am Cindy at Keiren.

**"Aalis na kami. Ikaw na sanang bahala sa kanya."** I turn to Keiren. **"Please behave. I'll call from time to time."**

He wave his hand and said goodbye. I turn my back at them and leave. Sa kotse ako ni Alvin dumiretso. Hawak ang disposable phone at naghihintay ng reply.

Malayo ang lugar na to sa mismong syodad. Halos dalawang oras din ang byahe namin. Walang nagsasalita at tanging ingay lang ng radyo ang namamayani samin.

Pagdating sa school parang naging ibang tao na ang katabi ko. Nakakangiti na sya at parang relax na relax lang. Typical him inside the school.

**"Saan ka?"** He ask while removing his seatbelt.

**"Dito muna ako. Hihintayin kong mawala ang mga students."**

He nodded. **"Okay. Got to go."**

Binuksan nya ang pinto ng kotse nya at lumabas na. Nakipag-batian pa sya sa mga nakasalubong nyang istudyante. Nanatili ako sa loob ng kotse nya hanggang sa mag-start na ang klase at mawalan na ng istudyante sa labas.

Lumabas ako at sandaling lumingon sa palagid. Nang masiguro kong walang ibang istudyante tsaka palang ako naglakad-lakad. Dumiretso ako sa building namin at bumungad sakin ang Demolition Notice na naka-tarpaulin pa.

*This can't be serious.*

I really need to talk to Angelo before heading back to London. Hindi pwedeng matuloy ang demolition na to.

Nagpatuloy ako sa paglalakad. Muntik na kong dumiretso sa room namin buti nalang at naalala ko na hindi pa ko pwedeng magpakita.

Sa second floor nalang ako dumiretso. Kagaya dati medyo mahangin sa parte na to dahil siguro sa matatayog na puno. Tumingin ako sa paligid at halos wala pa rin namang pinagbago.

Naisip kong puntahan ang picture room sa dulo. Pero kinuha ko muna ang susi na naka-sabit sa isa sa mga sirang bangko na naka-kalat sa naunang room. Wala naman kasing umaakyat dito kaya walang nakakapansin ng mga iniiwan ko.

I get inside and switch on the light. Sinara ko muna ang pinto at ni-lock mula sa loob. Kusang bumagsak ang katawan ko at mapahiga sa sofa.

*I feel exhausted.*

Ang dami ko pang dapat gawin. Sobrang dami hindi ko alam kung kakayanin pa ng katawan ko. Pumikit ako at kusang nakatulog.

Kusa din akong nagising dahil sa sakit ng tyan. Kinuha ko ang phone at tinignan ang oras. It's almost lunch time. Sumasakit na siguro ang tyan ko dahil sa gutom. Bumangon ako at nag-inat.

Tinignan ko ang disposable phone. Wala pa ring text si Angelo sakin.

*I think it's better if I pay him a visit.*

Binuksan ko ang pinto at akmang lalabas ng bigla kong makita si Jay-jay. Sa sobrang gulat ko naisara ko ulit ang pinto.

*Fvck!*

Nanlalamig ang kamay ko habang hawak pa rin ang doorknob. I'm sweating like a pig.

Halos tumalon ang puso ko ng may gumalaw sa doorknob. *It's her! It's her!*

Yes I do miss her but it's not the right to face her.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 289

**A/N:** Maraming salamat sa lahat ng pumunta nung May 19. Na-excite akong makita ang mga Tropa!

Eto official na, PSICOM na nagsabi. June 16 ang release. Merong pirma ang unang 100 copy ng books online.

Sana bumili kayo! Thank you!

Sa Monday na sunod. Nawalan kami kuryente. Whole day! Ngayon lang nagkaroon, hindi ko tuloy natapos kasi nalowbat phone ko.

Sorry sa wrong grammar.

**Initiation**

***Keifer's POV***

Ang ingay nila! Ano ba tong dalawa na to? Mukang iniwan sila ni Jay-jay kaya meron na silang laya na mag-away ng mag-away.

*Isang bata at isang isip bata.*

Kinuha ko ang secret phone ko at tinext ulit si Jay but still no response from her. Nakakailang message na ko pero wala pa rin. Malamang na hindi nya hinahawakan ang phone nya.

Siya lang yata ang kilala kong babae na hindi masyadong pinapahalagahan ang phone. Yung iba halos idikit na sa balat nila ang mga cellphone nila.

Narinig ko ang pagkalam ng sikmura ko. Sana pala dinamihan ko ang pagkain kanina sa bahay ni Sir Alvin. Kaso ang problema hindi masarap ang luto ni Ma'am Cindy. Ayoko lang magsalita.

*Baka tutukan nya ko ng baril.*

Speaking of guns, maybe I should start learning how to use one. Yuri knows how to and of course he have a license. Hindi ko pa masasabi but sooner or later I might need to use it.

Napatigil ako sa pag-iisip ng mapansin kong biglang tumahimik sa labas. Mukang walang ng tao kaya mabilis akong lumapit sa pinto at binuksan yon para sumilip.

I see no pokemon—I mean human. Lumabas na ko at sinigurong naka-lock ang pinto. Binalik ko ang susi sa dating lugar nito at naglakad na paalis pero saktong paglapit ko sa hagdan ang paglapit din ng hindi ko inaasahan na tao.

*Percy...*

**"What the..."** He whispered. **"I thought you're in London."**

Wala na. Huli na nya ko, kailangan ko nalang na masiguro na tatahimik sya.

**"Just visiting."** I said and look around to check if someone is here aside from him. **"Listen. No one must known that I'm here."**

Bigla nalang syang ngumiti ng malapad. Mukang nakuha ko na ang tumatakbo sa isip nya. As always

**"Pilitin mo ko."** He said while grinning like a lunatic.

*I knew it.*

I sigh heavily. **"I'm no joking Percy."**

**"Ang serious naman."** He pouted his lips like a girl.

Pakiramdam ko may pumitik na ugat sa ulo ko dahil sa inis sa itsura nya. Ano na naman bang nakain nya at nagkakaganyan sya? Malamang na kulang na naman sya sa bitamina.

Kinuha ko ang disposable phone mula sa kabilang bulsa ko. There's a message from Angelo pero hindi ko muna binuksan. Hinarap ko ulit si Percy.

**"I need to go. Kung pwede lang itahimik mo ang bibig mo."**

Umayos na sya sa pagkakataon na to pero may sumisilip pa rin na makalokohang ngiti.

**"Ano ba kasing ginagawa mo dito?"**

**"I already told you, I'm just visiting around."**

Naglakad na ko pababa ng hagdan at sinundan naman nya ko. Lunch time na, ibig sabihin maraming istudyante ang naka-kalat. Maraming makakakita sakin.

Inayos ko ang hood ng suot kong sweater hoodie. Kasama to sa mga gamit na pinakuha ko kay Honey. Sinuot ko to kanina bago pumunta ng school.

**"Hindi mo man lang ba sisilipin si Jay-jay?"** May tono ng pang-aasar ang tanong nya.

**"I saw her already."** *Kahit sandali lang.*

**"Ayyiieeehhh... Na-miss—."**

Agad kong tinakpan ang bibig nya. Sa lakas ng pang-aasar nya malamang na may makarinig sa kanya. Especially here in Section E's building.

**"Shut your mouth."** I said calmly.

Bahagya syang tumango. Dahan-dahan ko syang binitawan pero hindi ko inaalis ang tingin sa kanya. Kapag gumawa sya ng kalokohan susuntukin ko talaga sya.

*Try me.*

Bumukas ang bibig nya para magsalita kaya agad ko din tinaas ang kamao ko. Napansin nya yon at lumayo naman sya.

**"Easy boy."** Sabi nya habang nakaturo sa kamao ko.

Binaba ko yon at tinignan sya ng masama. **"Nagmamadali ako."**

**"Edi umalis ka. Sungit-sungit."** Sagot nya sabay irap.

Tinalikuran ko na sya at naglakad paalis. Nakita ko pa si Ci-N na sing-bagal ng pagong maglakad papunta sa kung saan. Nilagpasan ko lang sya at mas binilisan pa ang lakad. Nakayuko habang kasalubong ang ilang grupo ng istudyante.

Hindi ko na napansin kung sino-sino sila. Nakarating ako sa gate ng walang bumabati o pumupuna sakin. Paglabas ng gate tinignan pa ko ng guard. Binaba ko ang hood ko para ipakita kung sino ako.

Tumango naman sya at hinayaan na ko. Pinara ko ang unang taxi na nakita ko.

**"Just drive."** Sabi ko sa driver at nagpatuloy naman sya sa pagd-drive.

Kinuha ko ang secret phone ko at nagtext kay Jay-jay para magpa-alam. Alam kong hindi na naman nya mapapansin yon pero gusto ko pa ring gawin. Sinunod ko namang kunin ang disposable phone para basahin ang text ni Angelo.

**From:** *Demon*

**Message:** *I already talk to them. Would you like to hear the update?*

Agad ko syang tinawagan. I can't waste anymore time. Kailangan kong maging member ng grupo nya. Having them as my allies are like having my own gold mine.

**["*Keifer.*"]** He said upon answering my call.

**"I want to hear it. Saan tayo pwede mag-usap?"**

**["*Where are you?*"]**

**"Pinas."**

**["*That fast? I expected you to come back about...*"]** He pause as if he's thinking. **["*...never?*"]**

I chuckled. **"Pwedeng mangyari yon."** I smile wickedly. **"Kung kasama ko si Jay-jay."**

**["*And that will never happen.*"]** Ramdam ko ang galit nya at ang kagustuhang basagin ang muka ko. **["*Sa Kinground tayo magkita at dun kita gigilitan ng leeg.*"]**

He ended the call and makes me laugh. Agad kong sinabi sa driver ang lokasyon. Not that long when we reach it. Agad akong nagbayad at bumaba.

Napatigil ako sandali ng makita ang mga pamilyar na kotse. Hindi sila ganun kadami kagaya noon pero alam kong sila-sila rin ang andito.

Pumasok ako sa loob at sandaling binati ang mga bouncer. Dumiretso ako sa opisina ni Tiger.

**"He's here!"** Someone announced.

**"A round of applause for our new member!"** It was Ervin Schnee.

Tumingin ako kay Angelo ng mapansin ang titig niya sakin. May hawak syang baso na may alak.

Lumapit sakin si Tiger at inakbayan ako. **"Ready ka na ba?"**

**"Ready for what?"**

**"He's not ready for initiations."** Angelo said as he poured alcohol in his glass.

I turn to Ervin who's grinning on me waiting for an explanation. He sip on his glass before putting it down.

**"Unfortunately, we can't start the initiation because you're a minor."**

*What?!*

**"Then when? Do I have to wait for 21st birthday?"** I ask in disbelief.

**"18 years of age will do."** It was Angelo. **"Here in my country 18 is a legal age."**

Tinanggal ni Tiger ang pagkaka-akbay sakin at patulak akong pinalapit sa isa sa mga upuan. Hindi ko inaalis ang tingin kay Angelo at Ervin na magkatabi.

**"Listen kid."** Someone said and sit besides me. **"You're almost 18 so you don't have to worry."**

Sya yung mukang Korean or Chinese na may soft features. I nodded to him before turning back to Angelo.

**"But maybe we can give him the requirements now."** Ervin said.

He waits for the others confirmation. I didn't know that there's a requirement needed.

Angelo put down his glass. Tumayo sya at sinenyasan akong sumunod sa kanya. Ginawa ko naman at sandali akong tumingin sa mga kasama nya bago tuluyang lumabas ng opisina ni Tiger.

Hindi sya nagsasalita kaya naman nanatili akong tahimik. Sa gitna ng disco floor nya ko dinala at huminto kung saan tanaw ang glass office.

**"Listen Keifer. Sa gagawin mong to may mga bagay kang isasakripisyo para makuha ang gusto mo."** He starts. **"Hindi biro ang papasukin mo. This is not an ordinary fraternity."**

**"Just get to the point."**

He look at me deadly. **"Seryosong bagay to!"**

**"I know. But I don't understand what you're trying to say."**

**"Kapag sumali ka sa grupo na to, wala ng atrasan. May rules na hindi mo pwedeng labagin dahil buhay ang kapalit non."**

**"I-i need this."** I almost sounds begging.

Tumingin sya sandali sa glass office bago namulsa. He shook his head before massaging his nape.

**"The requirements are very simple. First things first, make sure you have enough money to pay for the annual fee."**

**"I have a company and a bank of gold."** I said but he ignore it and continue explaining.

**"You must be legal age—which will happen in few weeks. You must have a group of friends that is possible to recruit in Low or High rankers."**

Siguro alam na niya na alam ko ang tungkol sa High at Low Rankers na yan.

**"Make sure you'll be powerful."**

**"Not a problem."**

**"Education is a must. Make sure you'll finish college."**

Napabuntong hininga ako. Requirements are so basic. Kahit hindi niya sabihin magkakaroon ako ng mga yon.

**"That was basic. Wala bang mabigat-bigat na requirements."**

Kita ang pag-guhit ng inis sa mga mata nya.

**"Learn to use guns and ready yourself to kill someone."** He said in a serious tone.

*Kill someone.*

Kaya ko ba? Kukuha ako ng buhay ng iba para lang sa grupo na to. Hindi ko alam kung kaya ko ba.

**"Marami pa sana akong ipapaliwanag pero sabi mo nga *basic* nalang ang mga yon sayo."**

He walks away but immediately turn back at me to say something.

**"Meron kang kontratang pipirmahan. Sa dulo non meron empty line kung saan mo ilalagay ang taong tatanggap ng mga maiiwan kung may mangyari sayo. Who will you write down?"**

Tatanggap ng mga maiiwan ko. Pwede kong ilagay ang mga kapatid ko but they'll have the Watson's inherits in case something happens to me.

**"You'll put Jay-jay?"** He ask.

I nodded. **"Pwede naman siguro yon kahit hindi pa kami kasal."**

Usually mga kamag-anak ang inilalagay sa ganon. Angelo raised a brow at me.

I smirked. **"We'll get married soon anyway. So, I see no difference."**

**"Too much confidence Keifer, too much."**

Kulang nalang sakalin nya ko sa kinatatayuan ako. Pero mabilis syang bumalik sa pagiging seryoso.

**"Ang ilalagay mong pangalan don ay ang isasakripisyo mo sa grupo."**

Horror embrace me. *What does he mean?*

**"What—?"**

He cut me. **"Kapag nagkamali ka o lumabag ka sa rules ng grupo. Kukunin nila si Jay-jay sayo."**

**"Then I will put someone else."**

**"Put your siblings name, your friends or any of your relatives. But you can't put random names."**

*Dammit.*

**"Who did you put?"**

I'm expecting him to put his mother's name but of course, he's a smart ass.

**"Someone that they can never take away from me."**

**"Because she already run away."** I said and I saw pain in his eyes.

He shrugs it away and continue walking back to Tiger's office.

**"Make sure you follow what I said or you'll loose her."** He said without looking at me.

Napatingin ako sa opisina ni Tiger. All of them are looking at us. Ervin raise his glass while smiling.

Malinaw sakin ang gusto niyang iparating. He wants me to follow what he said so I won't loose Jay-jay. But it's more like he's using Jay to control me.

My fist clenched with frustrations. He's up to something. Meron syang binabalak na sigurado akong gagamitin nya para makuha ang gusto nya.

Narinig ko ang pagtunog ng disposable phone mula sa bulsa ko. It was a message from the pilot of my private jet.

He gave me the flight schedule. In 3 hours we'll be travelling back to London. Kailangan ko na ring bumalik dahil baka maghinala na si Keigan.

Wala pa naman akong nare-receive na message mula kay Honey kaya hindi ako nag-alala pero malamang na may naglalaro ng idea sa isip nya.

Minabuti kong umalis na dahil baka abutin ako ng ilang oras sa byahe. Malayo ang pa naman ang jetport sa syudad. Paglabas ng ng Kingsground kinailangan ko pang maglakad para makahanap ng masasakyan.

A taxi cab stops in front of me. Sinabi ko ang destinasyon at hinayaan syang magmaneho. As what I expected inabot nga ako ng mahigit 2 oras sa byahe.

Malaki ang naging rate ko. Kulang ang natitirang pera sa bulsa ko kaya naman pinambayad ko nalang ang wrist watch ko.

*Kahit sampung taxi makakabili sya gamit yon.*

Nakita ko ang pilot na may hawak na baso ng kape habang naglalakad palapit sa jet plane. Huminto sya ng makita ako.

**"You're early."**

**"Can we leave now?"** I ask him before getting inside the plane.

Sumunod sya sakin at tinignan ang wrist watch.

**"I'll ready the plane."**

Bago maupo tinignan ko muna kung kasama na naman ba namin ang flight attendant. Mabuti nalang at wala sya. Baka patayin ko na si Mr. Moskovoski.

Almost half an hour I wait before we take off. Minabuti kong matulog muna. 8 hours ang byahe namin at wala akong gagawin sa mga oras na yon.

I don't know how long I've been sleeping when I woke because of a phone call. Ilang beses pang naulit yon kaya naman kinuha ko na ang parehong phone ko sa bulsa.

It was coming from my secret phone. Nawala ang tawag bago ko pa masagot. Edrix has so many missed called.

Hindi ko maiwasan na hindi magtaka sa dami ng missed called niya. Tumunog ulit ang phone ko at agad kong sinagot yon.

**"Edrix."** I said.

**["*Keifer...*"]** He sound so distress. **["*Tangina! Ang tagal sumagot ng tawag!*"]**

**"What is it?"**

Maka-ilang beses syang nagmura. Hindi ko maintindihan at sa hindi ko maintindihan na dahilan bigla nalang akong kinabahan.

**"Edrix! What the hell is happening?!"**

**["*Si Ci-N at Jay-jay! May umatake sa kanila!*"]**

*Fvck!*

**"Sino? Isa ba sa mga Gang na naghamon satin?"**

My fist are clenching. Halos abot kamay ko lang sya kanina pero hindi ko man lang natugunan na may mangyayari. Kasalanan ko to! Dapat hindi muna ako umalis.

**["*Hindi! Grupo ni Mykel!*"]** Galit na sabi nya. **["*Pre... Bumalik ka na! Hirap na hirap na si Jay-jay!*"]**

**"I'm on my way."** I said before ending the call.

Mabilis kong pinuntahan ang pilot sa cockpit. Nagulat pa sya ng makita ako.

**"Mr Watson."** He said in shock.

**"You have to turn this plain back."** I said in command.

**"We can't. We're almost on London."** Tinuro nya ang relo.

Dalawang oras nalang nasa London na kami. Pero kailangan kong bumalik. Kailangan ako ni Jay-jay.

**"Do what I said or I will jump out of this plain!"** I said in anger.

He shook his head and turn off the autopilot.

**"Go back to your seat."** He said and I did.

Ramdam ko ang pagliko ng eroplano.

Just wait for me and I'll make them pay. I will break them.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 290

**A/N:** Salamat sa lahat ng nagpunta nung June 16! Grabe! Na-overwhelm ako.

Sana makita ko lahat ng TNE members.

Available na po ang book online. Grab a copy now.

**Blood**

***Keifer's POV***

**"I have to finish some business ."** I said over to the telephone.

**["*Naghuhurumintado na si Keigan! Hindi ko na alam ang idadahilan ko!*"]**

**"Basta sabihin mo lang na para kay Keiren to."**

I ended the call and put down the telephone. Nahilamos ko ang muka ko bago ayusin ang baseball cap na suot ko.

Hawak ang notebook kung saan ko nilagay ang pinag-usapan namin ni Jay-jay sa video call, nakatayo ako sa nurse station at hinihintay ang doctor na kailangan ko.

Buti nalang at iisang hospital lang na-confine si Jay-jay at ang doctor ni Keigan. Sa kanya ko dinala ang kapatid ko dati ng bumalik sya samin matapos kidnapin ng halimaw kong Ama.

Napatingin ako sa babaeng naka-sky blue sunday dress na naglalakad palapit sa Nurse station. Inayos nito ang salamin bago magsalita.

**"May naghahanap daw sakin?"** She ask the nurse and it points her finger at me.

Lumapit ako sa kanya habang malalim akong tinitignan at kinikilala. Inayos ko ang baseball cap ko para makita nya ang muka ko.

**"Keifer? What brings you here?"**

**"I have a case to ask."**

**"About your brother? Sabagay hindi na nga sya bumalik dito matapos kong sabihin na kailangan nya ng test. How is he? May ilang buwan na rin ang huli nyang punta dito."**

Napatigil ako at napa-isip sa sinabi niya. It was two years ago when I brought Keigan to her. Panong nangyari na ilang buwan nung huling beses syang nagpunta?

**"S-so far so good."** I said and force a smile.

**"Tara sa clinic."** She said and starts to walk.

Sinundan ko naman sya. Hindi kalayuan sa nurse station ang clinic nya. Parang opisina ng isang business woman ang clinic nya. Puno ng libro at may malawak na karpet sa sahig. Meron ding mahabang sofa and of course the executive table.

**"Sit down."** She said as she motion her hand at the sofa.

Naupo ako at ganun din ang ginawa nya sa katapat kong sofa.

**"Do you want some coffee? How about juice or cola?"**

**"I'll get straight to the point. It was about someone else."**

Bahagya syang nagulat pero hinayaan nya kong magsalita. She listen attentively about the case. I make sure that I didn't miss any details.

From the start that she saw blood, taste it and changing of her attitude or personality. The things that she said and the things that she do. The after effects and what she feels after. Sinabi ko ang mga yon sa kanya at tanging pangalan lang ni Jay-jay ang hindi ko pina-alam.

**"From the way you explain, she's more like suffering with Multiple Personality Disorder. But this is the first time I heard someone attracted to blood before changing into someone else. And you mentioned that she responded when you call her name."** She said and rest her elbow at the arm rest of the sofa. **"Maybe something happened from her past. Did you know what happened to her?"**

**"From what I gathered, sinasaktan sya ng mga naging asawa ng Mother nya."**

**"That's it. It could be Post-traumatic Stress Disorder. But it's hard to confirm unless you bring her here."**

**"Not sure kung kaya ko yon. Natatakot din kasi syang humarap sa Psychiatrist."**

She shook her head. **"As soon as possible Keifer. We're not sure what's on her mind. Sa ngayon theory pa lang ang kaya kong ibigay sayo. Without proper test and observation it could be something bigger."** She sighs. **"Just like your brother."**

My forehead crease. **"What do you mean?"**

**"Base on his explanation, he could be suffering with Dissociative Identity Disorder same with what I mentioned before-."**

I cut her. **"Multiple Personality Disorder."**

Nagpunta si Keigan dito ng hindi ko alam. And now she's telling me that Keigan could be suffering with DID.

**"Pano mo nasabi?"**

She looks at me confuse. **"Wala bang sinasabi sayo ang kapatid mo?"**

I choose not to answer. I don't want her to think na naglilihim sakin si Keigan and I don't wanna lie about it. Pero tingin ko hindi ko na kailangan pang magsalita dahil nakuha agad nya ang sagot.

**"What do you observe with your brother?"** She ask and lean a bit closer to me.

I look away and didn't say a thing. Aminin ko man sa sarili ko o hindi, kitang kita ko ang problema niya. From the day he came back I know there's something wrong. Kaya dinala ko sya sa psychiatrist pero naging dahilan naman yon para lumayo ang loob niya sakin.

Mula non pinili kong wag syang pilitin gawin ang bagay na alam kong magpapalayo ng loob niya sakin. I can't afford lo loose him again.

Pero mukang mali din ang pagbu-bulag-bulagan ko at nang dahil don hindi ko man lang ma-pin point ang eksaktong pinag-dadaanan niya.

**"I need you and your brother's cooperation. Hindi kayo matutulungan kung kayo mismo ang lumalayo sakin."**

*What if she's right.*

**"K-keigan do things that I can't explain."**

He took a pen and a paper. I start to tell her everything that I notice to my brother. Including what Keiren told me before.

Habang nagsasalita. Hindi ko maiwasan na hindi masaktan para sa kapatid ko. Pinagdududahan ko siya. Para ko na ring sinabi na wala akong tiwala sa kanya. And that's all Keigan are asking from me.

*To trust him.*

**"This could be worst than what I expected. Kailangan na nating ipa-test si Keigan. I have a friend that handles special cases like this. I recommend—."**

**"No. I'm sorry but I don't want to bring my brother to another doctor and see him suffer with the same process."** Tumayo ako at ganon din ang ginawa niya. **"Gusto kong magkusa siyang magsabi sakin. Ayoko siyang pilitin."**

She stand up and force a smile. **"I understand, but you still have to try."**

I nodded shortly. **"Thank you Doc."**

Sinabayan niya kong maglakad hanggang sa pinto ng clinic niya. Huminto kami pareho ng nasa labas na ko at nasa mismong pinto naman siya.

**"If you can't bring your brother here at least bring that girl that you're helping."**

**"I will try."**

We bid our goodbyes and I start to walk back to Ci-N's hospital room. Habang naglalakad napansin ko sila Eren at Blaster na palakad-lakad sa hallway. Inayos ko ang baseball cap ko bago binilisan ang lakad.

*They're probably checking out the Female nurses.*

Nakarating ako sa kwarto ni Ci at kagaya ng inaasahan ko naglalaro siya ng PS4. Pabagsak akong naupo sa mahabang sofa sa tapat lang ng kama niya.

**"Kamusta lakad?"** He ask without looking at me.

**"So far so good."** I lean forward and rest my elbow on top of my knee. **"Hindi ba naghinala si Jay-jay sa video call?"**

**"Hindi. Nagtanong lang siya kung may alam ako sa ginagawa mo."**

**"And your answer is?"**

**"Namba-babae sa London—YES! NANALO AKO!"** He suddenly while waiving his hand.

My jaw drop. Did he just said '*namba-babae*'? He told Jay-jay that I'm having an affair abroad.

*I can't believe him.*

All this time akala ko tinutulungan niya ko kay Jay-jay tapos ngayon sasabihin niyang namba-babae ako.

Tumayo ako at lumapit sa kanya. Hinawakan ko ang sandalan ng wheelchair niya bago siya unti-unting iharap sakin.

**"You told Jay-jay that I'm having an affair?"** I ask in a serious tone.

**"J-joke lang yon."** He said and did a peace sign in his fingers.

Binitiwan ko ang wheelchair niya at bumalik sa sofa. Nahiga ako at ginamit ang cap para takpan ang muka ko.

Akala ko talaga sinabi niya yon. Hindi magandang biro yon.

**"Feeling ko na-miss ka ni Jay-jay."** Ci-N said.

I heard the sound from his game. Mukang bumalik siya sa paglalaro habang nagtatanong sakin.

**"Balik ka na kasi."** He added.

Hindi ako sumagot. I pretended to sleep so he won't bother me. Mabuti naman at agad siyang nakahalata.

I'm exhausted and pissed at the same time. Pinabalik ko ang jet plane matapos tumawag ni Edrix sakin. Bad news ang itinawag niya sakin.

Hindi nakalaban si Jay-jay kay Mykel bukod don inatake din siya ng sakit niya. Ci-N's legs almost broke because of them. And all of that happens because I'm not here to protect them.

And when I came inside the hospital, I saw them in fatality. My sanity almost left me because of anger. Gusto kong basagin ang muka ni Mykel Mitchell sa mismong harap nila Jay-jay at Ci. He's lucky that I can't find him.

*My Jay-jay was hurt.*

I badly want to visit her but how will I do that when most of our classmate are around her. Si Ci-N lang pwede kong lapitan dahil nag-iisa siya sa kwarto niya.

Nakapag-usap kami at nalaman ko ang mga nangyari. Nung oras na nakita ko siyang naglalakad na parang pagong, yun na pala ang oras na sinalubong siya ng grupo ni Mykel.

*Kung naghintay pa sana ako ng kaunti.*

Sa kanya ko din nalaman na nawala na naman sa sarili si Jay. I want to know what exactly happened. There's something with Jay-jay that I can't point out. Kahit kailan hindi naging normal ang ganong kaso.

Seeing blood and turn into someone that is not her. Kaya naman inutusan ko si Ci-N na puntahan si Jay-jay pero nasa pintuan palang siya ng kwarto niya bumalik na naman siya sakin. Nakalimutan daw niya ang itatanong niya.

We almost argue before we agreed to do something that both Jay and I can talk to each other.

*Video call.*

Nanghiram pa kami ng laptop sa kakilala niyang doctor at nurse. Hinatid ko siya pabalik sa kwarto ni Jay pero nagawa p niya kong inisin. Ang ending? Jay-jay shouts as loud as she can because she thought that Ci-N was a ghost. Nakikita na pala niya kami sa pinto palang.

The video call was good. I had a chance to see her. Few scars are visible in her face and her hands are covered with bandage. I feel so bad thinking that I'm not there to protect her.

Sinigurado kong ang pakay ko lang ang pag-uusapan namin. Ayokong mauwi sa iyakan ang pag-uusap namin. But it's not enough. Yes, I saw her but never had a chance to hold her.

Napabangon ako mula sa pagkakahiga kasabay ng paglingon ni Ci-N sakin.

**"Bakeet?"** Inosenteng tanong niya.

**"I-i think I need fresh air."**

**"Utot ko fresh."** He said and smile.

Napangiwi ako. **"But it suffocating."** I said before wearing my baseball cap.

Tumayo ako at naglakad palabas. Nurse nalang ang nakikita kong naglalakad sa hallway. Mukang malalim na ang gabi. Matagal-tagal din pala akong nahiga at nag-isip.

Malalaki pero walang pagmamadali ang hakbang ko. Hindi naman kalayuan ang kwarto ni Jay sa kwarto ni Ci-N kaya hindi rin natagal ng makarating ako don.

Tanaw ko na ang pinto ng bigla nalang bumukas yon at lumabas ang Mama niya. Agad kong inayos ang baseball cap ko para hindi niya ko makilala.

Pinilit ko ding maging normal ang lakad ko. Mabuti nalang at hindi siya naghinala at tuloy-tuloy lang na naglakad paalis. Sandali ko pa siya nilingon bago tuloy na pumasok sa kwarto ni Jay.

Dahan-dahan kong sinara ang pinto at nilock yon. Ayokong may maka-istorbo samin.

*And there's my queen.*

Lumapit ako kay Jay-jay na mahimbing na natutulog. She look so peaceful but I know she's really not. Inayos ko ang buhok niya g nakaharang sa maganda niyang muka.

**"I'm so sorry for letting this happened."** I said before kissing his forehead.

I stared at her face for a while. Few minutes are not enough for me. Gusto ko siyang pagmasdan ng panghabambuhay.

Balak ko sanang hawakan ang kamay niya pero napatigil ako dahil sa bandage na nakabalot don. It makes me pissed and my fist automatically clenched.

*Damn you Mykel.*

Pagbabayarin kita sa ginawa mong to kay Jay-jay. I took my secret phone from my pocket and dial Edrix's number.

**["*Keifer...*"]**

**"Any update?"**

**["*Wala akong nakuha pero si Rory meron.*"]** He said and I heard few raffling sounds then I heard Rory's voice. **["*Hindi lumabas ng city ang tanga! Nasa isang exclusive penthouse siya hindi malayo sa building nila Yuri.*"]**

**"Text me the exact address."** I said before ending the call.

Hinarap ko si Jay at hinasakan ang pisngi niya.

**"I'll make him pay for you."** I kissed her lips shortly.

Dumating ang text na hinihintay ko at mabilis na tumakbo paalis. Pagsara ko ng pinto napansin ko agad ang Mama ni Jay na naglalakad pabalik. Salubong ang kilay niya habang nakatingin sakin.

Inayos ko ang baseball cap ko bago nilakihan ang mga hakbang ko. Nalagpasan na namin ang isa't-isa ng bigla siyang magsalita.

**"Watson."** She said in a calm voice.

Napahinto ako na dapat hindi ko ginawa.

**"Anong ginawa mo sa kwarto ng anak ko?"** May halong pagbabanta ang boses niya.

Bahagya akong lumingon. **"Gusto ko lang po siyang makita bago ako umalis."**

She crossed her arms over her chest. **"Talaga ba?"**

**"I did nothing that will disrespect her."** *Except kissing her while asleep.*

**"Alam ko takbo ng sikmura mo. Siguraduhin mo lang."**

**"I'm telling the truth."**

She raised a brow. Alam kong umpisa pa lang wala ng tiwala sakin ang Mama niya. Ako lang ang nakakahalata non dahil sakin lang naman siya tumitingin ng kakaiba simula ng magkita kami. Hindi nga niya tinignan si Yuri ng ganon. Ngumingiti siya kapag napapansin niyang sinusuri ko siya pero alam kong may second meaning ang ginagawa niyang yon.

**"Hindi ba nagising si Jay-jy?"**

I shook my head. **"She's peacefully sleeping."**

**"Mabuti naman."**

**"Please don't tell Jay-jay that I came to see her."** I said almost begging.

**"Anong dahilan?"**

I gulp while trying to compose a good reason. I'm not sure if she knew about what happened to us.

**"Wag mong sabihin kung ayaw mo. Hindi kita pinipilit."** She said and continue walking back to Jay's room.

Nakahinga ako ng maluwag. Sana nga lang hindi talaga siya magsalita kay Jay. I will thank her a lot for that.

Bumalik na ko sa paglalakad at mabilia na dumiretso sa exit. Hindi ako nagsayang ng oras at mabilis na pumara ng taxi. Sinabi ko ang address na tinext sakin nila Edrix.

Not that long when I reach. Tama nga na hindi yon kalayuan sa building nila Yuri. And he don't even saw him.

Sinubukan pa kong harangin ng guard pagpasok ko pero when I have him I.D he almost froze.

**"S-sir?"**

**"It's okay. I'm just visiting a friend."** I said and continue walking.

Pagpasok sa elevator pinatunog ko pa ang mga buto ko sa kamao. I'll break every bone in his body. I'll make him cry and bleed.

*For my Jay-jay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 291

**A/N:** Tagal no? Ako din nainip sa sarili ko eh. Haha. Miss ko na POV ni Jay-jay.

No dedication or shoutouts. Nagpalit ako ng phone at inaayos ko pa mga list.

Hnd ko pa pala na re-read to kaya pagpasensyahan nyo na typo at wrong grammar.

**Back in London**

***Keifer's POV***

Fvck that Mykel. Nang dahil sa kaniya kumikirot ng husto ang kamao ko. Ginalit niya ko ng makita ko siya kaya hindi ko napigilan ang sarili ko.

I made sure I broke every bones in his body. Kung pwede ko nga lang siyang patayin ginawa ko na. Pero hindi niya mararanasan ang maghirap kung tatapusin ko na agad ang buhay niya.

*He shoud be thankful, I gave him mercy.*

**"Where have you been?"** Keigan ask me.

**"Somewhere. Roaming around."**

He chuckled in disbelief. **"Roaming around? And it took you almost 5 days?"**

**"I didn't notice the time."**

**"It's days Kuya, you've been gone for days if you don't notice it."** He said and walk away.

Hindi ko maiwasan na hindi mapatitig sa kanya. Ang mga sinabi ng doctor tungkol sa kanya. It makes me worried about my brother's mental health. Sana mali siya at hindi DID ang problema ni Keigan.

Napansin ko ang palapit na Honey sa akin. Pasimple pa niyang sinilip si Keigan bago magsalita.

**"Nakalabas na ng ospital ang girlfriend mo."**

**"That's good."** I said and started to walk. She follows me. **"Naitapon mo na ba ang phone?"**

She nodded before handling me a paper. **"Trabahuhin mo daw yan sabi ng pinsan mo."**

My forehead crease. Ang husay talaga t-tyempo ng isang yon. Tinanggap ko nalang ang papel at binasa yon.

Mukang nag-upgrade na ang position ko sa company. Mula sa taga-timpla ng kape at taga-photocopy haharap na kayo ngayon sa mga posible share or stocks holders at mga investors.

Tinalikuran ko na si Honey at dumiretso palabas ng suites. Malalaki ang hakbang ko palapit sa elevator at palabas ng hotel.

Pinagbuksan ako ng driver ko. **"Sir."**

**"Watson Enterprise now."** I said while getting inside the car.

Mabilis niyang sinara ang pinto at sumakay sa driver's seats. Pina-andar niya ang kotse at pinagpatuloy ko naman ang pagbabasa.

Pati mga possible na company na pwede naming pag-invest-an nakalista din. Napatitig ako sa isang particular na company.

*Fernandez Corporation or known as Fer Corp.*

Michael Angelo Fernandez as the CEO of the local company. Mukang meron akong magagamit laban sa kaniya. I smirk thinking about that idea.

Nawala lang ang ngiti ko ng huminto ang kotse. Bumukas ang pinto at mabilis akong dumiretso papasok sa loob ng building. Employees are greeting me while I remain stiff. Mabilis kong tinungo ang opisina ni Clyde.

He was sitting in his swivel chair. Agad siyang tumayo at lumapit sakin.

**"You're late."** He said. **"We have a meeting to attend."**

I arch a brow. **"We?"**

He also arch a brow. **"Part of your training."**

I nodded shortly before following him. Dumiretso kami sa conference room. Naupo ako sa bakanteng upuan sa gilid kasama ng mga secretary ng mga manager. While Clyde sits at the end of the long table.

**"Let start."** He said.

Binuksan nila ang projector at nagsimulang magsalita ang nasa harap. I listen attentively.

Inabot din ng tatlong oras ang meeting. Buong akala ko dun na matatapos ang pagbuntot ko kay Clyde pero isinama pa niya ko sa sunod na meeting niya sa mga investors. Pati meeting niya sa Finance department isinama pa rin ako.

Natapos ang araw ng pag-attend-attend sa mga meeting niya.

**"Please tell me this is the last time we'll attend a meeting together."** I said as we enter his office.

**"Unfortunately, this is not the last time."** He answered before walking toward his executive table. **"By the way, you have to visit the youngest elder. I heard his not feeling well."**

*Uncle Kier.*

**"What happened?"**

**"Why don't you find out?"** He said without looking at me.

I almost punch his face. Kung hindi ko lang naisip na kakapalit lang ng mga gamit niya dahil sa mga nabasag namin nung huling away namin.

Tumalikod nalang ako at naglakad palabas. Malalaki ang hakbang ko palabas ng building. As usual naka-abang na ang driver ko. I get inside the car and ask him to drive to Uncle Kier's house.

Nasa tabing ilog ang bahay niya. Malayo sa city at sa ibang Watson. Pinili niyang lumayo at humiwalay dahil ayaw niyang makisali sa pagiging sakim ng ibang Elders. No wonder why my Grandfather choose to trust him with the key of the Watson bank.

Ilang oras din ang naging byahe namin. And when we reach his house, cold breeze welcome us.

**"Where's Uncle?"** I ask his butler.

**"He's in patios. I'll bring you to him."** He said and walk first.

I followed him after. Simple lang ang bahay ni Uncle Kier. Bahay ng karaniwang tao na may karaniwang buhay. Talagang mas gusto niya ang simpleng buhay na hindi naisip ng ibang Watson.

Binuksan ng butler ang sliding door at tinuro si uncle na naka-upo sa rocking chair.

I walk toward him. **"Uncle Kier."**

He look at me with sleepy eyes. **"You disturb me."**

**"Sorry, I heard you're not feeling well. So, I decided to pay a visit."**

He laugh shortly. **"Buti ka pa naisipang bisitahin ako."**

*Did he just spoke tagalog?*

**"W-what? You j-just spoke—."**

**"Tagalog? B*tch please! I can speak 8 languages fluently."**

*B*tch please?*

Where on earth he learn those words? I never imagine the most respectful, youngest elder would say such word.

Bahagya akong napatawa dahil sa narinig ko sa kaniya.

**"Seriously Uncle. You don't look like sick."**

Tinuro niya sakin ang bangko sa hindi kalayuan. Kinuha ko naman yon at tinabi sa kaniya para don maupo.

**"I'm not sick. I just feel dizzy after talking to the eldest."**

He's talking about the first born Elder. Alam kong hindi sila magkasundong dalawa. Ang alam ko din na isa siya sa dahilan kung bakit lumayo si Uncle Kier.

**"Why?"**

**"His breath smells."** He answered and we both laugh in unison.

He really know how to make fun of the Eldest. He maybe strict sometimes and scary but the real him will always be like this.

**"He scold me because I help you."** He explain in serious tone. **"They loathe you that they forgot who are you in this family."**

*I accept that fact already.*

He look away and sigh. **"I loathe this Family from the day I was born. Because of my last name people always look at me differently."**

**"Is that the reason why you never involved yourself with their businesses."**

He wringkled his noise as if his thinking carefully about it.

**"Sort of."** He chuckled. **"I'm the outcast of the family. The youngest and most careless."**

**"Yet the smartest."**

He shook his head. **"Your grandfather is the smartest. He knew his monster son will kill him for his money so he decided to name his inherits to you. And your mother made sure that no one will dare to touch you."**

Pero yun din ang naging dahilan ng pagkamatay niya. Sa pagprotekta nya sakin at sa mana hindi niya naprotektahan ang sarili nya.

Hanggang ngayon iniisip ko kung mas mabuti ba na hindi sakin pinangalan ang mana.

**"Uncle..."** I called him. **"Why didn't he give you the inherits?"**

**"I told you, I'm careless. That company will ended up bankrupt."** He said and laugh.

I chuckled a bit. **"Are you happy with your life now."**

**"I'd be happier if my wife is here sitting and talking to me."**

Isa siya sa mga Watson na isa lang ang naging asawa o kaya naman ay hindi nagkaroon ng ibang babae sa buhay nila bukod sa asawa nila.

*A bit rare in this family.*

**"How did you manage to have only one woman in your life?**

He crease his forehead. **"What a stupid question."**

**"Because you're one of the few Watson that I know with only one woman."**

He look at me seriously. Napakamot ako sa ulo. Mukang sumobra na ko sa pagtatanong sa kaniya.

**"Are you planning to have more than one woman?"** He ask.

I immediately shook my head. **"N-no. Of course not."**

Having another woman aside from my Jay-jay is definitely a no. Siya pa lang sobra-sobra na para sakin kaya bakit pa ko maghahanap ng iba.

**"Then you answer your own question."**

I chuckled while shaking my head. *He's right*. It's really a stupid question. Pero agad ding nawala ang ngiti ko ng meron akong maalala.

*Maybe he could help me.*

**"Do you know how to overcome the curse?"**

Bigla nalang siyang tumawa ng malakas. Muntik pa siyang masamid kaya napatuwid siya ng upo. Agad din siyang inabutan ng tubig ng butler niya na hindi ko alam na nag-stay pala.

Binalik niya ang baso matapos uminom.

**"There's no such thing as Watson curse."**

I know that there's no curse. But I still would like to call it like that. Dahil nagiging iba kami kapag nagmahal, at hindi yon normal.

**"I-i know but the thing is—."**

**"It's happening to you."** He said and raised a brow.

I simply nodded.

**"It's not a curse. The thing that happens to you is because of Watson's attitude."** He said and sigh. **"The possessiveness, superiority and pride."**

*The major attitude of a Watson.*

**"What should I do? I hurt her because of those traits."**

**"I'm about to ask, then I remembered why."** He look at me intently. **"Don't push yourself to remove that part of you but learn to control it."**

**"That's exactly what I'm trying to do."**

He gave me a questionable look. **"Are you?"**

*Am I?*

For the past few weeks I've been trying to control it the way I think it should be. Or maybe I'm doing it the wrong way.

**"I-i don't know if I'm doing it right."**

**"Why don't you go back from the start? Try to change your tactics maybe it'll work now. If not, then change tactics again."**

**"I don't have enough time."** I said and he sigh.

He stand up a bit slowly. I immediately tried to help him but he shrugged my hands away. Agad na yumuko ang butler niya sa harap niya.

**"Mister, anything you need?"**

**"Drop the *Mister*, it's only my grandson."** He said and walk back inside the house.

I followed him after. He continue walking until he reach his room. He look at his butler who also follows us.

**"Cook some dinner for us and ready the guest room. My grandson will stay here for tonight."** He said and looks at me. **"You stay here. I'll just get something."**

I nodded shortly and he enters his room. I didn't bother to sneak a peek. Hindi ko alam kung anong kukuhanin niya pero kung ano man yon alam kong pwedeng makatulong sakin yon.

Minabuti kong tawagan muna si Keigan sa landline. Ang hotel ang tinawagan ko at kinonekta naman nila ako sa suite namin.

**["*Make sure you'll be back early in the morning. I want you to meet someone.*"]**

I mentally rolled my eyes. **"Yeah. Sure."**

We ended the call without any proper discussions or goodbyes. Tinawagan ko din si Honey para ibilin si Keigan sa kaniya. Dahil sa nalaman ko sa Doctor niya mas lalo ang nag-alala sa kaniya.

**["*May kausap na babae ang kapatid mo. Hindi maganda kutob ko.*"]** He said and I can sense her irritation.

**"Ano pinag-usapan nila?"**

**["*Hindi ko nadinig ng malinaw pero sabi nung babae kilala ka daw niya dahil sa dati niyang kaibigan.*"]**

My eyebrows knitted. Sino na naman? I know her from who? Marami akong nakaharap na babae dati pero hindi ko na sila maalala.

**"Ako na bahala bukas."** I said and bid our goodbyes before ending the call.

Binaba ko and hawak at hinarap ulit ang pinto ng kwarto ni Uncle. Bahagya pa kong napaatras ng makita ko siyang nakatayo at nakatitig sakin mula don.

**"S-sorry. I use your telephone without permission."**

Bahagya siyang tumawa. **"A Watson never say *sorry*."** Umiling siya. **"Looks like I'm not alone in this family."**

Napansin ko ang hawak niyang makapal na libro. Pinagmasdan ko yon at napatunayan na isa yong photo album. Naglakad siya palapit sakin at inabot yon.

Inakbayan niya ko at bahagyang tinulak para makapag-lakad.

**"What is this for?"** I ask while walking.

**"Time to reminisce the past."**

Napatuloy kami sa paglalakad hanggang sa makarating kami sa Dining. Andon ang butler ni Uncle at nagha-handa ng hapag.

**"The food will be ready in a minute Sir."** Uncle's butler said and motion for us to sit.

Ginawa naman namin yon at binaba ko ang Photo Album. Binuksan ko yon at napataas ang kilay ko sa unang litratong bumungad sakin. It's more like a hand sketch but printed as a photo.

**"That's our great grandfather."** He said and pointed his finger. **"He's a pirate."**

*So that's the reason why we have lots of gold.*

Tinitigan ko ang muka ng nasa litrato. Kahit hand sketch lang ang imahe niya, nagawa pa rin nitong ipakita ang superiority ng ninuno ko.

**"But I thought Watson's are more into the good side. Politician, officer or business owner. A duke or part of royal family."**

**"I guess he's an exemption."** He said and motion me to move the page.

The second image are photo printed but has the black and white with yellowish effect. Sobrang luma na at kapag nagkamali ng hawak ay mapupunit na.

Nakahilera ang palagay ko ay isang buong pamilya. Mula sa lolo't lola hanggang sa ka-apo-apuhan. Nasa mahigit 50 rin siguro ang tao sa litrato. Walang nakangiti o kahit muka man lang masaya.

**"That's the family before the world war I."**

*No wonder why it looks so old.*

Ang sunod na page ay bahagi na ng nagdaang digmaan. Ilang lalaki ang may hawak ng baril ang ilan naman ay nakaupo sa tabi ng bangkay. Ilang pahina pa ang may lamang lumang litrato. Mula sa digmaan na napunta sa pag-ahon ng bayan.

Pero naputol ang mga litrato ng digmaan at napalitan ng palasyo at mga lalaking nakatayo sa tabi ni Queen Victoria.

So we're really related to the royal family. Jay-jay will definitely laugh at me if I tell her about this.

Pinagpatuloy ko ang pagtingin hanggang sa mapahinto ako sa litrato ng pitong lalaki. I recognize the 5 of them. It's Uncle Kier and the four Elders of the family.

*But who's the other two?*

**"That's your Grandfather. The one who left you with inherits."** He said and pointed his finger to guy at the center.

I stared at him and for some reason I saw my self. From his posture to the way he glared and we're also look a like. Pinagmasdan ko pa siya hanggang sa mapansin ko ang lalaki sa tabi nya.

I pointed my fingers to him. **"Who's this?"**

**"That..."** He pause and stared to it. **"That's our older brother. He past away at the young age."**

**"W-why?"**

**"Suicide, but I know it's more than that."** He said and he remove the photo from the album. **"We found him hanging in a rope inside our old barn. Your grandfather and I knows that he can't do such thing but the Eldest convinced the whole family that he kills himself because a woman broke his heart."**

He's talking about the current First born Elder. Mukang hindi pala talaga siya ang panganay at mukang may hindi magandang nangyari sa pamilya noon pa man.

**"Is that really the reason?"**

He shook his head. **"That will never happen. I know him, he always protect us and always, always remind us that he'll never leave us."**

**"You think someone did that to him?"**

**"Yes, but no further investigation was done and it was never prove to our parents."** Binalik niya ang picture sa album. **"I know someone did this to him. He was supposed to be the inheritor."**

I chuckled a bit. **"Very suspicious."**

Siya ang naglipat ng pahina. Tinignan ko ang litrato don at parang gusto kong sunugin yon. It was my Dad's baby picture.

**"The monster."** I whispered.

Bahagya akong napaisip. Kung hindi ang Lolo ko ang panganay o sunod sa panganay bakit sa kaniya napunta ang mana.

**"Uncle."** I said and he turned the page. **"If my grandfather is not the oldest how come he received the inherits."**

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. **"Your grandfather is being slick as fvck. He impregnated the Eldest's wife and took the child away—that's your father by the way. To make it short, the Eldest turn into a beast and our parents lost their trust. They decided to give it to your grandfather."**

I chuckled and shook my head. Now, I know where I got that slick attitude.

He turn the pages again and I saw my Dad in his teenage days. He looks exactly like Keigan. Para silang kambal sa itsura nila. Meron siyang kasama sa picture na sa palagay ko ay mga pinsan niya pero merong isa na namumukod tangi sa kanila. Kakaiba ang tingin ko sa kaniya dahil parang may kamukha siya.

*This can't be.*

**"W-who's this guy?"**

Kita ko ang dismaya sa muka niya. **"Remember that I told you about my older brother and he got broken heart because of a woman."** I nodded shortly. **"That woman got pregnant by a different man. When my brother died they blame her and make her life like a living hell until she decided to kill herself while she's in the last month of her pregnancy."** He sighed and rest his back at the backrest of the chair. **"We manage to save the baby before she lost her breath."**

Tinignan ko ulit ang lalaking pamilyar sakin. **"It's him."**

**"Yes, and we name him Angel. Your grandfather decided to adopt him."**

He really look familiar and it feels like I saw him before but I can't tell where or when.

**"Where he is now?"**

**"He's dead."** He answered shortly.

I look at him in shock. **"I-i..."**

**"More than 20 years now."**

He died before I was born. It doesn't make any sense. Kung ganon, saan at kailan ko siya nakita at paano. Hindi rin mawala ang sa isip ko ang isang taong kakilala ko na kamuka niya.

*Demon.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. 😉 ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 292

**A/N:** Pahinga muna. Sunod-sunod na arw na kong my sakit. Not sure kung dahil ba sa panahon o sumasabay lng katawn ko sa stress.

See yah in Cavite sa July 28. Sa mga nagtatanong kung saan pede nyo tignan sa wattpad cavite chapter or I'll share it in my fb accnt.

Sorry sa typo at wrong grammar.

**Old Friend**

***Keifer's POV***

Kinailangan kong umalis ng madaling araw sa bahay ni Uncle Kier dahil sa layo at tagal ng byahe. Maaga ang usapan namin ni Keigan kaya kailangan kong maghanda agad.

**"Next time, bring your brothers here."** Uncle Kier said.

**"I will. Thank you for letting me stay Uncle."** I said and get inside the car.

Hindi sapat ang buong gabi para sa kwentuhan naming dalawa. Ang daming nangyari sa kanilang pitong magkakapatid pero ang sa Lolo ko ang kinamanghaan ko ng husto. Hindi na siya nag-asawa pa ng iwan siya ng mahal niya pero halos mabaliw naman sa pagsira sa buhay ng mga taong naglayo sa kanila.

*One true Watson beast.*

Marami din siyang sinabi na makakatulong sakin na ma-kontrol ang attitude ng isang Watson. Sana lang magawa ko sa tamang oras.

Kusa akong nakatulog sa byahe at nagising nalang ng huminto ang kotse sa hotel. Agad akong pumasok at pumunta sa suite namin.

Keigan is eating breakfast when I came in.

**"How's your night with Uncle?"** He ask before shoving the food in his mouth.

**"Not so bad. He gave me advices that could help me in the future."**

He nodded shortly. **"You should eat. May pupuntahan pa tayo."**

**"Where?"**

**"Not too far from here."**

Sinabi niya na may ipapakilala daw siya sakin. A woman that I met before.

Tinalikuran ko siya at dumiretso sa kwarto ko. Pumasok ako sa banyo para mag-shower. Under the pouring water I close my eyes and look up.

I want to hear Jay-jay's voice. I miss her so much it makes me loose my mind. Gusto ko ng bumalik para mayakap siya. Gustong-gusto ko na siyang hagkan. After what I heard from Uncle Kier, I start to have hopes for us.

Pero kailangan kong makatagal, para sa kanya, para sakin at para samin. Kailangan nila ako, ng mga taong umaasa sakin.

I turn off the shower and dried myself using the towel. Dumiretso ako sa walking closet. Habang nagbibihis ako narinig ko ang secret phone ko na tumutunog. Nagmadali ako dahil baka marinig ni Keigan yon.

I'm about to look for my phone but someone holds it for me. Nakaharap sakin ang screen non at sinasadyang ipakita sakin ang caller.

*Yuri's number.*

Tinignan ko ang may hawak ng phone ko. I'm a bit surprised to see him here. Hawak ang sarili niyang cellphone na nakadikit sa tenga niya.

**"Gusto mo bang sagutin ko ang tawag mo sa phone ko?"** I sarcastically ask.

He smirks before putting down my phone and ending the call from his phone.

**"Meron lang akong gustong malaman."** He said and shove his phone on his pocket.

Kinuha ko ang secret phone ko at binulsa yon. **"What brings you here in London?"**

Yuri crosses his arms. **"You."**

I chuckled. **"Miss me?"**

**"In your dreams."** He sighs. **"Is that you?"**

I turn my back on him and walk back to my closet. I continue getting dress what I'm doing earlier.

**"Ikaw ang gumawa non kay Mykel, tama ba ko?"** He ask almost shouting.

**"Lower your voice. Baka marinig ka ni Keigan."**

**"Just answer me."** He said sounds pissed.

He obviously didn't visit me to say hello.

**"Yes, I did that to Mykel."**

**"Nagagalit si Angelo dahil inunahan mo siya."**

Lumabas ako ng closet habang sinusuot ang tie ko. He still standing in the same position.

**"Mabagal kasi siya."** Tinignan ko siya matapos ang ginagawang pagbibihis. **"Yun lang ba?"**

**"What's with you and your textmate game?"** He raised a brow. **"Gagongbaliw."**

*Damn that name*. Ang galing talagang magpangalan ni Jay.

I seriously look at him. No more games and no more jokes.

**"I don't want to loose my connection with Jay."**

**"So you pretend to be someone? How childish."**

Hindi naghihiwalay ang tingin namin sa isa't-isa. Nagsusukatan kung sinong mas matibay at mas tatagal.

**"Ginagawa ko ang lahat ng dapat kong gawin dito. Ang makausap si Jay-jay lang hinihiling ko, and now you want to cut it."**

**"Because you have to. Kalimutan mo na siya. Jay-jay will suffer more because of you."**

I chuckled bitterly. **"Look who's talking. Sino ba ang nag-set ng engagement kaya nagkanda-letse-letse ang lahat? Gumawa ka ng plano na hindi sinasabi sakin."**

**"Nililigtas ko lang siya sayo."**

**"Nililigtas o naniniguro. Afraid to lose again?"**

He smirks. **"I never lose Keifer. Ako ang mahal nila nung na sayo sila."**

My fist clenched. I badly wants to punch his face to shut his mouth. But I know better.

**"Pero ako ang mahal ni Jay-jay nung sinasakal mo siya sa engagement na yan."** I said and his smirks immediately gone.

**"Tingin mo ba ginagawa ko to para manalo sayo?"**

I shook my head. **"No. Because whatever you do, you'll never win from me."**

I walk and slightly bump his shoulder. Malamang na si Keigan o si Honey ang nagpapasok sa kanya dito. Malamang na itinuro din nila ang kwarto ko.

Hindi pa ko nakakalapit sa pinto ng tawagin ako ni Yuri.

**"Mas mabuti kung mag-stay ka nalang dito. Wala ka na rin namang babalikan."** He walks closer to me. **"Sisiguraduhin kong wala ka ng Jay-jay na babalikan."**

I smirked at him. **"Like you really can."**

Tinalikuran ko na siya at lumabas na ng kwarto. Hahanapin ko sana si Keigan pero nakita ko siyang naglalakad palapit sakin.

**"Nagkita—?"**

**"Did you let Yuri in?"** I ask with authority.

He blink twice before nodding slowly. **"H-he's visiting you for some important matters. That what he said."**

**"Whatever. Let's go."**

I saw Honey standing at the door. She's wearing her regular outfit which makes me raise a brow.

**"Hindi ako sasama."** She said after seeing my questionable look. **"I'll accompany your friend here."**

**"Hindi mo mauuto yan. He's not like Percy."** I said and walked passed by her.

Kasunod ko si Keigan na tahimik at hindi man lang ako tinatapunan ng tingin. Paminsan siyang yumuyuko at hahawakan ang batok niya.

Nakasakay na kami sa kotse pero ganun pa rin siya. Sinabi niya sandali ang lugar pero tumahimik na naman siya.

I'm starting to feel bothered. Lalong mas tumatagal ang byahe mas lalo siyang nagiging kakaiba.

**"Keigan, are—?"**

**"I'm okay."** He cut me.

He removes his eye glasses and hold the bridge of his nose. He even sighs multiple times.

I stared at him and about to touch his shoulder when I saw him slightly smirked. It immediately gone and he rest the back of his head. Binalik niya ang salamin at tinignan ako sandali.

I notice the difference of his eyes from earlier. Pero hindi ko makumpirma dahil sa sandali ko lang naman nakita.

**"Just a headache but I'm alright now."** He said before looking outside the window.

Hindi ko inalis ang tingin sa kaniya.

*Dissociative Identity Disorder*

I'm not gonna close my eyes again on this matter. I know my brother needs some help. He's not normal and that's the painful truth.

**"Where here Sir."** The driver announce.

Napatitig ako sa bahay—mas tamang sabihin na mansyon sa tuktok ng burol. Nakapaikot ang kalsada sa paligid ng burol paakyat sa tuktok.

**"Whose mansion is this?"** I ask.

**"You'll know."** Keigan answered.

Bumukas ang malaking gate at ang malawak na damuhan ang bumungad sakin. May kalayuan ang bahay sa mismong gate. Ang malaking fountain sa harap ng bahay ang una kong napansin. Huminto kami sa harap ng entrance door.

Si Keigan ang unang bumaba bago ako. Isang babaeng naka-maid outfit ang sumalubong samin.

**"Good morning Sir, this way please."** She said and move her hand for us follow her.

Napataas ang kilay ko. Why do I feel weird? Like something big is about to happen. Napahawak ako sa kwelyo ng damit ko.

*I'm having trouble breathing.*

Si Keigan ang nauuna samin. Nakasunod lang ako habang diretsong nakatingin sa dinadaanan namin. I don't even have time to look around. Nakarating kami sa second floor at sa terrace kami hinatid ng maid.

**"She'll be here in a moment."** The maid said and leave us.

Isang coffee table na napaliligiran ng mga bangko ang una kong napansin. The rails are covered with crawling plants.

**"Who exactly are meeting here?"**

**"Someone from—."**

**"Keifer!"** It was a woman's voice who stop Keigan.

Sabay kaming lumingon ng kapatid ko. She's walking toward us with a wide smile. My forehead slowly crease while mouth gap open when I realize who she is.

**"Oh my gad Keifer!"** She said and hug me.

I didn't respond neither hug him back. I was in shock. Matapos ang matagal na panahon ngayon ko lang ulit siya nakita ng malapitan.

Humiwalay siya sakin at ngitian ako. **"Look at you! You're taller than me now!"** She check every inch of my face.

**"Good morning Ate, sorry we're late."** Keigan said and she turn to him.

**"It's okay, at least you made it."** She said with all smile and face me again. **"Why aren't you saying anything? You're not happy to see me?"**

I'm trying to search the right word to say to her. But I'm lost.

**"Is your tongue got bitten by a cat?"** She ask playfully.

**"Y-you—how?"** I gulp. **"I-ion."**

Her smile are lessen but manage to keep it.

**"I think it's better if you call me Ate, wala ka pa ring galang."**

*I'm confuse as fvck.*

I have so many thing to ask but I don't know where to start. Kapag nalaman ni Angelo na kaharap ko siya ngayon, he'll definitely loose his mind.

May mga sinabi siya na hindi ko maintindihan. Naramdaman ko nalang ang paghatak niya sakin at pilit pagpapa-upo sa harap ng coffee table. She's still smiling and giggling while talking to Keigan.

The same maid earlier brought some sweets and tea for us.

**"Come on Keifer. Say a thing. Wala kang kagalaw-galaw dyan."** She mock me.

I manage to compose a question. **"H-how the fvck did you know each other?"**

Ion giggled before putting down her tea cup. **"I thought he was you, then I remembered, you have a younger brother."**

**"Pamilyar siya sakin kaya in-entertain ko siya then I found out that you know each other."** Keigan explained.

I don't remember introducing any woman to Keigan aside from Jay-jay. So how on earth did he got familiarize with Ion. Whatever it is, it doesn't feel right.

*My instinct is telling me something.*

**"So how's life been? I heard you and your friends had an accident about three or four years ago."** She ask.

I nodded shortly. **"And because of that we're no longer friends. Only Yuri and I left."**

I saw sadness in her eyes. **"You mean, Aries and Percy are no longer your friends?"**

I shrugged my shoulder. **"Kindly explain where have you been this past few year. Is this your house by the way?"**

She behind us to check the house. **"No, this belongs to my friend. He just let me stay."**

**"He?"** I raised a brow. **"If Angelo finds out—."**

**"Please. Let's not talk about him."** She cut me.

She can't look me in my eyes. Halatang hindi rin siya kumportable na marinig ang pangalan niya.

Gusto kong matawa sa inaasta niya. She's the one who left yet she have the audacity to avoid the topic about Angelo.

**"So what do you want to talk about?"** My voice starts to raised.

Keigan notice it and clear his throat to warn me. But fvck this, I hate the way she act like nothing happened. Like she never letf and leave everything hanging.

**"Maybe we should talk about how great your life now that you made it without him."** I said sarcastically.

Halatang hindi niya inaasahan ang sasabihin ko. She even look at Keigan to ask for help.

**"Kuya—."**

**"No. I would like to here what she's about to say."**

Kita ko ang unti-unting pagtaas baba ng balikat niya. She remain looking at Keigan as if she's waiting for a signal.

**"Keifer, please—."**

**"What?"** I sound pissed.

*I don't like being here.*

Wala akong kahit na anong clue kung bakit kami nandito. At nagiging dahilan yon para mas lalo akong mainis.

Tumayo si Ion at kalmadong humarap samin.

**"I'm sorry Keigan, but I don't think this is the right time to talk about the marriage—."**

**"What marriage?!"** I almost shout.

Halatang pareho silang nagulat. Kita ko ang pagkataranta ni Keigan. Hindi na niya malaman kung sino samin ang una niyang kakausapin.

**"Ate, I-i—Kuya this—."**

**"WHAT MARRIAGE?!"** I badly want to punch anything.

My fist are clenching that I can here my own bones.

**"He still doesn't know?"** It was Ion. **"I-i thought—I'm sorry Keigan."**

**"Answer my question."** I command forcing myself to calm.

Nagtinginan silang dalawang at parang naghintay kung sinong magsasabi sakin ng totoo.

Umupo ulit si Ion at hinarap ako.

**"Keifer, the thing is... Keigan and I talk about this yesterday."** She bit her lips and look at Keigan before continue talking. **"We talk about, you...and...I—."**

Kusang kumilos ang mga kamay ko at binalibag ang coffee table. Nabasag ang mga platito at tea cup. Mabilis na patayo at napalayo si Ion habang nakahawak sa bibig. While Keigan stand up and step back.

Mabigat ang paghinga ko. I'm in range and close enough to hurt my own brother.

**"How dare you."** It sound like a whisper.

**"Oh my gad."** Ion said while looking so scared at me.

**"Listen, we have to this. Inuunahan ko lang ang nga Elders sa plano nila. Ganito rin naman ang balak nila sayo."**

**"How dare you."** I glared at him deadly. **"How dare you!"**

**"Kuya."**

Hindi ako makapaniwalang kaya niyang gawin sakin to. Nagtiwala ako sa kaniya dahil matalino siya at alam kong hindi niya ko papabayaan.

**"Lumayo ka sakin. Masasaktan kita Keigan."**

Ion walks closer to me. She tried to touch me but I move away.

**"Listen Keifer. We both think that this is the right thing to do."**

I chuckled bitterly. **"For what? This is fvck up!"**

Tinalikuran ko siya para sana umalis pero dalawang tao ang nakatayong nakatingin sakin ang nagpatigil sa balak ko.

*Ngayon pa talaga sila nagpakita.*

**"An engagement? Uncle doesn't know anything about this."** Honey said and look at Ion. **"I think your too old to hit Keifer."**

**"I'm not hitting him."** Ion said casually.

Pero wala sa kanila ang interest ko. Nanatili akong nakatingin sa kasama ni Honey habang unti-unting gumuguhit ang ngiti sa labi niya.

*Fvck.*

**"You're doom Keifer. Of all woman, si Ion pa talaga."** Yuri said and smirk.

**"Wag ka magkakamali."**

**"I am shutting my mouth. Dahil ikaw ang magsasabi sa kanila nyan. Especially to Angelo and Jay-jay."**

My fist clenched and about to punch him but Honey immediately block it.

**"Mamaya na yan! Kanina pa namin tinatawagan si Keigan pero hindi naman siya sumasagot. Maybe you should by a new phone."**

**"What is it?"** Keigan said.

**"Your Uncle Kier was rushed to the hospital."**

Things went black after hearing those words from Honey. Dire-diretso akong naglakad palabas, naririnig ko pa silang tinatawag ang pangalan ko but my body has it own mind.

Nakarating ako sa labas at agad na sinenyasan ang driver ng kotse.

**"S-sir?"**

**"Hand me the car key."**

Nag-alangan pa siya nung una pero inabot pa rin niya sakin ang hinihingi ko. Kinuha ko yon at agad na sumakay ng kotse. I saw Keigan, Honey, Ion and Yuri running out of the house but I already drove away before they can reach me.

*Please, no. Not another one from my family.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ☺ ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 293

**A/N:** Yey! Ang tagal di ba?

Pagpasensyahan niyo na ang typo at grammar. Antok na antok na ko habang ng-t-type. Hehehe

Enjoy!

**Ion**

***Keifer's POV***

**"Saan ka na naman galing?"** It was Keigan.

Naupo ako sa kama ko at tinanggal ang sapatos ko. Hinayaan ko lang ang kapatid ko na manermon ng manermon.

**"You supposed to have a date with Ion."** He said. **"Alam mo bang pauli-ulit siyang tumatawag sakin dahil nag-aalala siya sayo."**

**"Pakisabi salamat sa pag-aalala."** I said and stand up.

Dumiretso ako sa walk in closet ko at nagbihis ng office uniform. Patuloy pa rin si Keigan sa ginagawa pero hindi siya ang nasa isip ko.

"*Don't let other people decide for you.*" It was Uncle Kier. "*Know your goal and never ever let them distract you.*"

Napabuntong hininga ako. Yun na ang huling beses na hinayaan ako ng mga Elders na makita siya. Pagkatapos non, binawalan na nila ako. Hanggang pakikibalita nalang ang nagawa ko.

Nakalabas siya ng ospital at nakauwi na pero hindi pa rin siya nakakalakad ng maayos. He had an heart attack. Mabuti nalang at maagap ang butler niya at alam kung anong gagawin.

*I thought I will lost another member of my family.*

**"Puntahan mo si Ion."** Keigan said when I got out of my closet.

**"Maybe later."** I said while wearing my shoes.

Matapos yon lumabas na ko ng kwarto at kahit hindi ko lingunin alam kong nakasunod siya. Nakasunod din kasi ang sermon niya.

Nakita ko si Honey na kumakain at ngumunguso sakin—o yung nasa likod ko na daldal pa rin ng daldal.

**"Keigan."** I said and face him. **"Matulog ka muna, alam kong kagabi ka pa gising."**

**"It doesn't matter. What important is your date with Ion."**

Bigla nalang umubo ng malakas si Honey. Hinampas niya ang dibdib niya bago uminom ng tubig.

**"D-date with that old woman?"** Honey ask while pointing her index finger at me.

**"She's not that old. She's just few year older than Kuya. Like you."** Keigan said and Honey's face turn into a grimace.

Tumayo siya dala ang platong pinagkakainan. Taas noo niya kaming tinignan.

**"I am only two years older than Keifer. Two years."** She sigh. **"If you'll excuse me, I had lost my appetite."**

Umalis siya at iniwan kami ni Keigan pero kinuha ko naman ang pagkakataon para umalis at sundan si Honey.

**"I'm not done talking to you!"** He shouts but I ignore him.

Sumasakit na ang ulo ko sa paulit-ulit na sermon niya. Habang tumatagal, lalong ipinagpipilitan ng kapatid ko ang engagement na yan. I'm not going to fall on the same trap like Jay-jay suffer with Yuri.

Sinundan ko si Honey na lumabas na ng suite namin at dumiretso sa kwarto nila. Nagulat pa siya ng pumasok din ako kasunod niya.

**"The fvck Keifer!"**

**"Anong nangyari habang wala ako?"** I said cutting the chase.

**"As usual, naghahanda na si Keigan sa engagement na yan. Lagot ka sa birthday mo."** Sabi niya at tinalikuran ako.

**"What else?"**

**"Saan ka muna galing?"**

**"Dinalaw si Keiren."** I said and sat down at the sofa. **"He gain weight. He looks so happy there."**

**"Edi maganda. Saan mo ba talaga siya dinala?"**

I shook my head. **"Somewhere."**

Bigla nalang siyang tumingin sakin na may panunuri. Naningkit pa ang mata niya bago isubo ang tinapay mula sa platong hawak ng isang kamay niya.

**"You've been in the Philippines! You hide him somewhere in that country."** She said accusing me.

I just raised a brow. Nawalan ng gana pero kumakain pa rin siya.

**"Answer my question."**

**"Your cousins, they all wanted to celebrate your birthday. Watson style."** She said before putting down the plate. **"Then, your dear brother wanted to introduce that *Ion* girl to everyone."** She emphasize Ion's name.

*Not gonna happen.*

**"Ikaw? Anong ginawa mo sa Pinas?"**

**"None."**

I said and leave her. Wala akong planong bigyan siya ng idea kung saan ako galing. Dumiretso ako sa elevator at kahit hindi ko tignan ramdam ko ang pagtingin sakin ng mga kasakay ko.

"*That's him. The Watson guy.*"

"*I heard it's him.*"

"*Soon, he'll be the richest bachelor in town.*"

Bad news. I ain't a bachelor, I'm already committed and soon to be taken. Siya na nga lang ang hinihintay ko. The sweet yet ruthless *yes* of my lovely queen.

Bumukas ang elevator at lumabas ako. Mabilis ang lakad ko palabas ng hotel kung saan nag-aabang ang driver ko.

**"Watson Enterprise now."** I said when I got inside the car.

Napatingin ako sa labas ng bintana. Wala akong maayos na tulog kahit 8 hours ang byahe.

The image of Yuri with Jay-jay is making me pissed. Gumagawa talaga ng paraan ang Hapon na yon. But that's not what bother me the most.

Someone wants my Jay-jay dead. Someone from the past that we already defeated. Those bastard doesn't know when to stop.

And pinaka-maingay sa lahat, yung taong nag-nga-ngalang Ryosuke Sato. Lantaran ang ginagawa niya na para bang hindi kami banta sa kaniya.

Kinuha ko ang secret phone ko at binasa ang mga message nila sakin. Felix said he's pursuing Jay-jay for her forgiveness. *Which is good.* Paunti-unti napapatawad na nya ang mga Ulupong—I mean kaibigan namin. Sana ganun din siya sakin pagbalik ko.

Tinignan ko din ang mensahe ni Angelo tungkol sa nangyayaring pagbabanta. It was our fault and now he's pressuring me to find and take down that Sato.

As much as I wanted, I can't. My resources are not enough. Mas malawak ang network niya kumpara sakin. Hindi siya kayang i-trace ni Rory at Edrix. While Yuri on the other side is contacting their embassy.

*Damn this!*

I dialled Edrix contact number. It took few rings before he answered it.

**["*Keifer...*"]**

**"Kamusta si Jay?"**

**["*Muka namang hindi pa rin nakakahalata. Lima na ang nahuhuli naming umaaligid sa kaniya.*"]** He sighs. **["*Mukang mas maganda kung hindi muna siya lalabas ng bahay. Pasalamat siya mukang takot yung mga yon sa Kuya niya kaya hindi pa siya pinapasok sa bahay.*"]**

She have nothing to be thankful for that. Kung talagang magaling si Angelo hindi aaligid ang mga yon sa bahay niya.

**"Follow Jay as much as possible. Don't leave her side."**

**["*Malabo! Malabo pa sa tubig baha! Tigas kaya ng ulo ni Jay-jay. Buti sana kung okay na kaming lahat sa kaniya.*"]**

Nilipat ko ang phone sa kabila kong tenga. **"Don't make it obvious."**

**["*Bahala na. Buti nalang okay na sila David at Ci-N sa kaniya. At least may dahilan na yung dalawa—.*"]**

**"Don't forget to remind David about his limits."**

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. **["*Oo na. Sige na. May pag-uusap pa kami ni Rory.*"]**

I said goodbye and ended the call. Sakto naman ang paghinto ng kotse sa parking. Bumaba na ko at dumiretso papasok sa building.

Employees are greeting me with all smile. Mukang nakarating na ang balita na malapit ang birthday ko. And things are about to change.

Pagsakay ko ng elevator, mabilis akong binati ng mga nasa loob. I didn't say a thing and remain cold to them. It's not like I'm holding some grudges against them it just that I don't really care about them.

*The same way that they don't care about me before.*

Pagbukas ng elevator another group of employees greet me. Hindi ko sila pinansin at dumiretso na sa opisina ni Clyde.

**"Tell me something interesting."** Clyde said while grinning.

His secretary, the one that I knock down before is standing beside him. Still have marks but all look good—for now.

He move back away from Clyde and look down avoiding my gaze. I'm not sure about if I should forgive him already or break his bones for real.

**"Whats with the smile?"** I ask in flat tone.

**"I don't know. Why don't you tell me Birthday boy?"**

I raised a brow. Nagsisimula na naman siyang mang-inis. Yan din ang ginawa niya ng malaman niya ang tungkol kay Ion. I badly want to wipe those smile using my fist.

**"I'm not in the mood to play with your game."** I said and turn my back about to leave.

**"Oh come on! Stop dissembling us."**

Huminto ako sandali at bahagya siyang nilingon. **"I am not."**

**"I saw that Ion girl. She's a darling."** She sounds so proud. **"If you're marrying her, what would happen to that other girl?"**

Inayos ko ang katawan ko para maharap siya ng tuluyan. I know he's talking about my Jay-jay. My senses are all become active everytime he open his mouth and talks about her.

He grinned widely upon seeing my reaction. **"Are you planning to have two wives?"**

**"I'm not and don't you dare mention her name in front me just to fulfill your satisfaction of pissing me off."**

He chuckled a bit and shook his head. **"Why not?"** I glared at him and he laughs. **"The next CEO is already having an affair. You're indeed a Watson."**

**"At least I have the woman that I love. How about you?"** I said and he lost his smile.

*Got yah!*

**"You should get ready. We have a meeting to attend and the Elders wants to talk to you."** He said changing the topic.

He stand up and leave the office. It's my turn to smirk at him. I walk after him and followed him at the conference room. His secretary handed me the papers that I need for the meeting.

Hindi nawala sa usapan ang palapit na birthday ko. Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mailang. Kahit sa mga sumunod na meeting namin naisingit din sa usapan ang bagay na yon.

Iisa lang naman ang naging sagot ko. *I'll let you know about it sooner.* Kahit ang totoo wala akong balak mag-celebrate ng birthday. I wanted to be with the woman that I love.

*My existence in this world is nothing without her.*

After lunch nakipag-kita kami sa magkakapatid na sakim. Uncle Kier is not with them as he needs to have a full bed rest.

**"We're planning to organize a party for his birthday."** Clyde said to them with all smile.

**"Invite all the well known family in the town, including the royal family. Gather the family chef and talk to your cousins to help you with it."** The Eldest said and Clyde nodded.

**"Do we really have to celebrate? There's nothing special about my birthday."** I said and Eldest look at me sharply.

**"Well it's the born day of the bastard. The trash who will receive all the inherits of this family. We should celebrate that persecute truth."** He said sarcastically.

*Thank you so much for the insult.*

The others laugh along with Clyde. I let them see that I'm not affected. Maybe they enjoy throwing hurtful words on me but those words are nothing to me. They're just wasting their time.

**"If that's the case I will invite my friends."** I said and the Eldest instantly look at me deadly.

**"You mean your trashed friend? No, you can't."**

**"It's my birthday, I have the right to—."**

**"To dirt our name again? No you don't!"**

I stand up and look at him deadly. **"Then you'll have a party with no celebrant."**

I walk out without looking back at them. Clyde called me but I ignore him.

My lungs are suffocating everytime I'm siting near the Eldest. He still have the intimidating look. The superiority of a Watson.

Pinili kong bumalik sa opisina pero wala naman akong gagawin don kaya napilitan din akong umuwi ng maaga.

**"Keifer!"** Ion greet me with a hug when I got home.

Slightly push her but she obviously ignore it. I saw Honey looking at us disgustingly. She even shook her head.

**"Feeling teenager."** She said.

Humiwalay sakin si Ion at buong ngiti na hinarap ako. Hindi ko magawang suklian ang ngiti niya. Kung hindi ko lang siya kilala malamang na nasapak ko na siya.

**"Why are you here?"** I said and walk pass by her.

**"We'll you forgot our date. So I decided to pay you a visit."**

I saw Honey behind her. She's copying her while making faces.

**"Malamang may masapak pag-uwi ng Pinas. I can't wait."** She said that makes me stop and make Ion look at her.

**"What? Sinong masasapak?"**

**"I don't know. Maybe you—but my bet is on Keifer."**

I glared at her to make her shut up but Honey doesn't really know when to stop. Nanadya talaga siya.

*I don't want another headache.*

Hinarap ako ni Ion na may pag-aalala. **"Are you worried about Angelo? I know you won't let him hurt you—."**

**"Ay hindi si Angelo. My dear, you should ready yourself to meet Jay —."**

**"Enough!"** I shouts but both of them really don't want to stop.

**"Who's Jay? Is that your new friend? Hindi na ko magtataka kung marami ka ng kaibigan."** Ion said to me.

Her eyes look so innocent. Those are the same eyes that she used to look at him. And now she's using it to deceive me.

**"Hindi lang siya friend."** Honey said and laugh. **"Brace yourself."**

**"Honey, please."** I said while holding the bridge of my nose.

**"It's okay. I want to know your new friends."**

I shook my head. **"Wait for me here. I'll just change my clothes."**

Dumiretso ako sa kwarto ko para nagpalit ng damit. Gusto ko lang matahimik kaya pagbibigyan ko siya.

Hindi rin ako ng nagtagal dahil baka may sabihin pang iba si Honey. Ayokong magsalita ng kahit ano kay Ion dahil hindi ko pa alam ang kaya niyang gawin. Hindi ko nga rin kilala ang kaibigan niyang tumutulong sa kaniya.

**"Saan naman ang punta niyo?"** Honey ask while eyeing me from head to toe.

It's Ion who answered. **"I'm not allowed to go far. We'll be in the hotel garden probably."**

I nodded shortly. **"Let's go."**

Honey gave me this weird face. As if she's saying that I'm about to die.

Naka-angkla ang mga braso niya sa braso ko habang naglalakad kami palapit sa Elevator. Kagaya nga ng sinabi niya, sa garden ng hotel lang kami nagpunta.

There are few people walking around and having small chats. Plants are all cut in different shapes. Meron din silang fountain na napapaligiran ng halaman na naka-maze. Bench are everywhere and so as the trash bin.

**"I met your cousin Clyde."** She starts. **"He seems to be a nice guy."**

Muntik na kong masamid sa sinabi niya.

*Nice guy my ass.*

Humiwalay siya sakin at lumapit sa mga orchids. Hindi ko talaga makuha ang gusto niya at kung bakit siya pumayag sa engagement na to. Wala siyang mapapala sakin dahil mukang mas mayaman pa ang kaibigan *daw* niya.

**"You like the orchids?"** I ask.

She looks at me and smile. **"I do."**

I smiled back. **"Then you'll have your own orchid garden. Once we got married I'll organize the house."**

She stiff. Unable to look back at me. Hindi siguro siya makapaniwala na sinabi ko ang mga bagay na yon.

**"T-that's a good idea."** She said and I can sense that she force herself to smile.

**"Do you want to stay at home and be a housewife? Or do want to do something while being my wife."**

**"Whatever you want."**

**"You can have a business or you can work at the same time."**

Bahagya siyang lumayo sa mga orchids at naglakad-lakad. I followed her with few feet away.

**"It doesn't matter to me."**

**"Really? Well it choice anyway."**

Huminto siya at hinarap ako. Tipid ang mga ngiti niya.

**"It's not like we're getting married immediately right?"**

I smirked. **"We'll get married before we go back home in the Philippines. The day after my birthday."**

She gulp before biting her lips. Unti-unti ng nagiging malinaw sakin ang lahat. She doesn't want to marry me. She wants something else that she will get along the process.

**"D-don't you think that's too fast."**

**"No. This is arrange anyway. Date and time don't matter at all."**

**"I think it's better if we get married in the Philippines."** She suggested.

I stared at her intently. Sinusubukan kong hulaan ang gusto niyang mangyari pero masyadong inosente ang mga mata niya.

**"As you wish."** I said and walk.

Agad siyang sumabay sakin at inangkla ang mga braso sakin. We talk a little about the place and how's her life lately but she makes sure that she chose her answer carefully.

Naikot namin ang buong garden sa kalalakad. Sa haba ng naging usapan namin isang bagay ang malinaw sakin.

*She's up to something.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 294

**A/N:** Lapit na POV ni Jay-jay. Kalurkey!

Pasensiya na sa typo at wrong grammar. Akoy antok na antok na.

**Invite him!**

***Keifer's POV***

Fvck this party!

Gusto kong lukutin ang invitation na binigay nila sakin. Sa dami ng pinagawang copy isa lang ang binigay nila sakin na pwede kong ibigay sa kaibigan ko.

*This is crap!*

This won't work with the whole Section E. Sa isang invitation na to, sino naman ang papupuntahin ko? It can't be Yuri, neither Felix or Ci-N and it will never be David.

One person, only. Tinitigan ko ang secret phone ko. I want to send it to Jay but she obviously won't make it. Kailan ko lang nalaman na naka-hold ang papers niya. Hindi siya pwedeng kumuha ng passport at hindi rin siya pwedeng mag-travel palabas ng bansa.

Someone hold it for a reason. Para bang gumagawa ng paraan para hindi siya makalayo or maka-alis. And I only knew one person.

I smirk after I realize something. That person is who should I invite. Tinago ko ang secret phone ko at tumayo. Lumabas ako ng kwarto ko dala ang invitation.

**"Honey."** I called.

Out of nowhere, Honey shows up while holding a cigarette.

**"Keifer?"**

I raise a brow. **"Kindly throw that thing away."**

Tinignan niya ang stick na hawak. **"Ay wow. May takot ka na sa sigarilyo ngayon?"**

**"Just throw it away."**

She rolled her eyes before looking for an ashtray. Hinarap niya ko matapos patayin ang sindi ng sigarilyo.

**"Ayan na. Ano pa?"**

I handed the invitation. **"Send this to Angelo. Make sure he will receive it sooner."**

**"Okay."** She said and walk away.

Keigan has his own plan for my birthday but so am I. Bumalik ako sa kwarto ko para tignan ang list na binigay sakin kasama ng invitation. Nakalagay don ang mga kilalang tao na pupunta.

Hanamitchi family is on the list. I'm not surprise but the question is, would they come? Mas magugulat pa ko kung pupunta sila. Most of the time representative lang mula sa pamilya nila ang pumupunta sa mga ganitong party.

Pinagpatuloy ko ang pagbabasa ng list. Napataas ang kilay ko ng may makita akong pamilyar na apilyido.

*Braselton.*

Si David ang unang pumasok sa isip ko. But his family is unknown. Low profile to the business world despite having many ventures.

Then it hit me. Sana mali ang iniisip ko tungkol dito. I grab the telephone and dial Keigan's number.

**["*Kuya.*"]**

**"I want the information of the Braselton."**

**["*Information of who?*"]**

**"Do what I ask."** I said and ended the call.

Kung tama ang hinala ko at nagkataong kamag-anak nila ang pamilya ni David, this is definitely one hell of a problem.

*Of all people, seriously?*

I took my secret phone and texted Felix. Kailangan nyang bantayan si Jay-jay at ilayo ang David na yon. But instead of hearing or reading assurance from him he just laughed at me.

**From:** *Felix Collins*
**Message:** *haha... praning ka Keifer. Umuwi ka na kung hindi ka mapakali.*

I slap my own face. Magkapatid talaga sila ni Percy. Hindi nga sila magkadugo pero magka-ugali naman sila. He definitely poison Felix's mind when they where young.

**"...oo na! Demanding!"** It was Honey's voice.

I immediately hide my secret phone. Not that long when Honey came in with her phone. She handed it to me.

**"Someone wants to talk to you."** She said before I accept the phone.

I look at her suspiciously before placing the phone on my ear.

**"Hello."**

**["*Kepweng? Is tat yu?*"]**

My forehead crease. Kep—what? I know whose voice it is. Just one person who's not scared to annoy me aside from Yuri and Aries.

**"What do you want Percy?"**

**["*Yown! Nakausap din!*"]** He said and sigh. **["*Mag-usap nga tayo ng matino. Umayos ka! Puri ko isinakripisyo ko dito.*"]**

*He sacrifice his what?*

**"Ikaw lang naman ang hindi matino."** I said and he laughed sarcastically.

**["*So funny, i forgot how to laugh.*"]**

**"Just get to the point."**

**["*Jay is in danger and you're there for what? She needs you here if you are not fvcking aware.*"]**

**"I'm fully aware of the situation. Akala mo ba wala akong ginagawa? Kahit andito ako sinisiguro kong maayos siya."**

**["*Oh talaga? Ang galing. Amazing!*"]** He sound so pissed. **["*May mga death threats lang naman siya.*"]**

*Damn it! May nakalusot?!*

**"What?"**

**["*Kausapin mo si Angelo! Ano ba kasing ginagawa mo diyan? Nambababae ka lang naman yata dyan.*"]**

**"I am not! I'm too busy to do such thing."**

**["*Kapag nalaman kong chicks lang inaatupag mo dyan. Pupuntahan talaga kita.*"]**

**"And then what?"** I ask provoking him.

**["*Edi...j-join ako! Ang lagay ikaw lang masaya dapat ako din.*"]**

*Kelan ka niya balak magbago?*

I handed the phone back to Honey without saying a thing. Tinanggap naman niya yon at kinausap si Percy.

**"You owe me a date."** She said while walking away.

Napailing nalang ako. Uto-uto talaga ang isang yon. Nagpa-uto siya kay Honey samantalang pwede naman niyang kunin ang number ko kay Felix. Malamang na hindi na naman niya pinagana ang utak niya o pwede ring may tinatago siya sa kapatid niya.

Pumasok na naman sa isip ko ang reply ni Felix sakin. Bakit hindi makahalata ang mga yon sa kilos ni David? We are all man in the first place. Maybe I should talk to Ci-N—nope! Definitely not! Kapag ginagawa ko yon para ko na ring inanunsyo ang pinapagawa ko.

I took my secret phone to look for other options but my fingers automatically search for her name. Napabuntong hininga ako.

Lately she's not responding to any of my messages. Base on my time calculation it's morning on her end. Nag-type ako ng message sa kaniya and I send it without having any second thoughts.

I'm not hoping for her to answer my message but surprisingly, she's calling me.

Mabilis kong sinagot ang tawag pero sinigurado ko na hindi ako magsasalita.

**"Hello?"** She said and my heart skip a bit. **"Sorry... Napindot ko lang yung call. Papatayin ko na."**

Agad akong nag-send sa kaniya ng message. Hearing her voice makes me wants to fly back to Philippines.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Why are you not responding to my messages?*

Kahit aksidente lang ang pagtawag niya, napangiti pa rin ako. I miss her so much. At mas lalo pa kong napangiti ng makita ako ang reply nya.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *bc ksi me. Dming nangyri khapon.*
(Busy kasi me. Daming nangyari kahapon.)

Tinitigan ko ang format ng message niya. Again, the weird format of her text message. Quite hard to understand but I still miss it.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *Still! You should have text me atleast!*

Hindi ko matago na hindi mainis sa hindi niya pag-re-reply sakin. Kahit isang message man lang sana galing sa kaniya.

**From:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *demanding! Jowa ba kita?*

And her feisty comeback.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** *no! But i'm your future.*

Hindi na siya sumagot kaya minabuti kong itabi na ang phone. I can't hold my smile while thinking about her.

*I'm almost there. Kaunting hintay nalang.*

Napatingin ako sa oras sa cellphone. It's already midnight and I'm still awake. Paniguradong magagalit na naman sakin si Keigan kapag nalaman niya to.

Hindi pa rin ako sigurado sa lagay niya pero ayoko magbakasali. Pakiramdam ko apektado siya sa mga ginagawa ko. One wrong move and things happens to him. That's what I observed.

Nagsisimula na rin akong magbasa ng research about sa DID or Multiple Personality Disorder. I won't deny some of the are so familiar with what I observe from my brother.

Masakit para sakin. Ang laki ng pagkukulang ko sa kaniya tapos ngayon ganito pa ang nangyari. Nahinalamos ko ang muka ko. This is my fault. If I knew this thing would happened to him hindi ko na sana siya hinayaan na ilayo ng Halimaw na yon.

Alam kong may kinalaman siya kung bakit nagkaganito si Keigan. Kung pwede ko lang malaman kung anong ginawa niya baka mapigilan pa ang nangyayari sa kapatid ko.

Humiga ako sandali dahil na rin sa pagod. Hindi ko namalayan na nakatulog na ko. My dreams are all about my Jay-jay, her smile, her pretty face, her trash talks and of course the profanity.

Everything is perfect in my dreams but it was cut by loud knock on my door.

*The fvck!*

**"Kuya, wake up! Ion is here for you!"**

**"Okay! Okay! I'm awake!"** I said and he stops.

Bumangon ako at hinanap agad ang secret phone ko. I have a text message from Drew. Hindi ko maintindihan ang message niya kaya tinawagan ko na siya.

Two rings before he answered.

**["*Keifer, Pards.*"]**

He use the word *Pards* and I think I know what he's up to.

**"What?"**

**["*Prads may ibabalita lang ako sayo. Pero baka pwede mangutang muna.*"]**

I hold the brigde of my nose. I knew it.

**"Let me just remind you that you owe me ₱300,000."**

**["*Baka pwedeng wipe out na yan. Mahalaga naman tong ibabalita ko.*"]**

**"I'll decide after."**

**["*Kahit half lang.*"]**

**"I said I'll think about it."** I said in a serious tone.

Yes, I have gold but I still need to be careful when it comes to money. Para sa future namin yun ni Jay-jay kaya kailangang maging mautak ako ngayon sa pera.

**["Okay, okay. Narinig ko lang to. Nakita daw nilang umiscore si Yuri ky Jay-jay. Hinalikan ng Gago—."]**

**"WHEN THE FVCK THAT HAPPENED?!"**

Hindi ko napigilan ang boses ko. Masyado kong pinabantayan si David nawala sa isip ko si Yuri.

**["*K-kanina lang daw.*"]**

**"I'll call you back."** I said and ended the call.

Nagawa pa niyang magtext para ipa-alala ang usapan namin tungkol sa utang niya.

*Damn that chicken head guy.*

Kailangan ko ng bilisan. Naninigurado na si Yuri habang wala ako. Kapag nagtagal pa ko dito baka kung ano na naman ang gawin niya paea maging sa kaniya si Jay.

Another engagement won't work. Subukan lang nyang gumawa ng pagsisihan nila. Babasagin ko ang muka niya kahit kaibigan ko siya. Not to mention that she have Aries now and Angelo on his side.

Bumangon ako at dumiretso sa banyo. Huli ko na napansin ang oras. It's after lunch already. Ang haba siguro ng tulog ko. But I wish for longer sleep lalo na kung si Jay-jay ang makikita ko sa panaginip ko.

Matapos maligo at magbihis sinigurado kong nakatago ang secret phone ko. In vibration mode in case of emergency.

Paglabas ko ng kwarto si Ion at ang nakasimangot na si Honey ang nakita ko. Keigan is walking toward me with a cup of coffee on his hand.

**"Not sure if you still want it since it's after lunch already. But I still get you one."** He said and handed me the cup.

I accepted and take sip. Hindi masama kahit hindi ganito ang gusto kong kape.

**"Would you like to have lunch outside?"** Ion ask with sweet smile.

Napansin ko ang pagma-make face ni Honey habang ginagaya ang action ni Ion. Mukang hindi na mawawala ang inis niya sa isang to.

**"Yeah. Let's eat together. We have lot of things to talk about."**

Lumapit siya sakin at kumapit sa braso ko. Binalik ko ang tasa ng kape kay Keigan. Ngumiti siya bago tanggapin yon. Pero may iba sa ngiti niya.

**"Enjoy."** He added.

Ion walk while holding me. I have no choice but to let her drag me. Panay ang salita niya habang naglalakad kami pero wala sa kaniya ang isip ko.

**"Malapit na birthday mo. I heard it's a grand celebration. Your cousins and other relatives are preparing it for you."** She said I just nodded.

Nakarating kami sa restaurant ng hotel. Hinayaan ko siyang mamili ng pwesto. She chose the table besides the huge glass window. I pulled the seat and help her before placing myself.

Inabot samin ng waiter ang menu pero hinayaan ko lang din siya umorder para samin. Halatang nahihirapa siya kaya pinaalis ko muna ang waiter. Alam kong matatagalan siya sa pag-order.

**"I'm sorry. I'm not sure what to order. Baka kasi ayaw mo pala."** She said still eying the menu.

**"Para saan pang hayaan kitang umorder kung aayawan ko din naman."** I said and she slowly looks at me.

She smile a bit before looking back at the menu.

**"You sound like him."**

For the first time since we met, she started talking about him. About the guy that he left.

**"Don't be surprise."**

**"Yeah, I just remembered, palaki ka nga pala niya."**

I almost snorted. And I can't believe I use to idolized that guy.

**"So, Keigan is planning to introduce you at my birthday."** I said changing the topic.

*But not really.*

**"Yes, I'm a bit nervous but at the same excited."**

**"By means of introducing you it means to everyone."**

She looks at me and nodded while smiling a bit. She remain calm and it irritates me.

**"So, are you ready?"**

**"I can't tell. But I guess I do—."**

**"Are you ready to see him and introduce yourself as my fiancee?"**

She froze and slowly put down the menu.

**"W-what do you mean?"**

I smirked and pick up the same menu that she put down. Nagsisimula na kong mag-enjoy sa reaksiyon niya. Buong akala ko hindi siya maapektuhan.

You're not the only one who knows how to play this game.

*Keep pretending.*

**"I invited Angelo."** I said in monotonous.

She sighs and secretly calm herself.

**"H-hindi siya pupunta—I think we should order."** She look for a waiter and raise her finger to get their attention.

**"You look tense."**

Humarap siya sakin na may nakakatuwang expression.

**"I'm not."**

Lumapit samin ang waiter. Dahil tensyonado at halatang biglaan ang ginawa niya hindi niya masabi ang napiling orderin.

Ako na ang umorder para samin. She keep sipping the wine that the waiter gave to us. Kulang nalang tunggain niya galing sa mismong bote.

**"It will definitely be fun. Don't you wanna see your old *friend*?"** I ask almost mocking her.

Hindi siya sumagot at uminom lang ulit sa baso niya. I took advantage of the situation.

**"Why do want to marry me again? For money? Friends favor? Visa? Why don't you tell me Ion?"**

Huminto siya sa pag-inom at hinarap ako. Tears are about to fall from her eyes.

*Just tell me your fvcking reason.*

**"You will never understand."**

**"I understand it clearly. You're planning to use me."** I lean closer to her. **"Kailangan mo ng dahilan para magawa mong magpakita sa kaniya. Para may isasagot ka kapag nagkita kayong dalawa at tinanong ka niya kung bakit ka pa bumalik**."

I tear fell from her left eye. Pinili kong patigasin ang loob ko. Hindi ako natutuwa sa ginagawa nila ni Keigan. Kung kailangan kong pigain siya ngayon para masabi ang totoo, gagawin ko.

*Not on the same trap.*

**"I want to go back—to him."** She shook her head. **"But I know, he no longer care about me."** She breaths heavily. **"Mas gusto ko pa nung**

**panahong pinapahanap niya ko. Kasi alam kong may pakialam siya sakin. Pero ngayong tumigil na siya mas natakot ako."**

Pinunasan niya ang muka gamit ang palad at pasimpleng umiwas sa parating na waiter. Dala ang mga order namin, ibinaba niyang lahat sa lamesa bago tuluyang umalis.

**"You need to stop. Use someone else and don't use me."**

**"I can't. I'm not the only one who planned this."** She said almost begging. **"You're the only hope that I have."**

**"And you will ruin the little hope that I also have. That hope is the reason why I keep fighting, why I'm still here and why I continue even though my whole system is about to give up."**

*That hope is to be with my Jay-jay.*

**"K-keifer..."**

**"Stop before this marriage news spread like a fire in the Philippines."**

Yumuko siya at kinagat ang labi. She's obviously thinking.

**"...Stop now. I will talk to Keigan—."**

**"No Keifer. We will not stop this. Like what I said the decision is not only mine."**

My fist clenched. This is what you want then pay for the consequences.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 295

**A/N:** Malibasan lang po ito. Lowbat na akes. Kapag hnd umabot baka bukas nlng iba.

Happy Birthday Diana Fae Tariman

Sorry sa typo at wrong grammar.

**Birthyey!**

***Keifer's POV***

**"What are you up to?"** I ask Keigan.

He looks at me and raised a brow. **"What?"**

**"Arrange marraige? That was old school."**

**"I told you, inunahan ko lang ang mga elders. Yun din ang plano nila."**

I chuckled and cross my arms. **"How did you found out?"**

**"One of them talk to me and ask me how to tame you. I didn't answer but I decided to create a plan—."**

**"Without consulting me?! What the hell Keigan?!"**

Hindi ko napigilan ang pagtaas ng boses ko. Gusto ko lang sana siyang kausapin at patigilan sa binabalak nila ni Ion.

He shook his head in disbelief. **"Makikinig ka ba? Your brain is occupied with that girl! You're doing unreasonable things. Tell me how will I consulted this to you?"**

**"Sumusobra ka na!"**

**"I have to! Paano mo magagawa ang dapat mong gawin? Tell me how, when everything that you're planning to do is for her."** He smirked full of insult. **"There's no for us, just for her."**

*Why can't you see Keigan?*

**"No, it's not. You're wrong. Lahat to—."**

**"I really don't like that woman. She change you into someone that I've never seen before."** He sighs and shook his head again. **"I'm starting to see the curse on you."**

**"There's no curse."**

**"There is. You are the living proof."** He said and walk away.

Nahilamos ko ang muka ko gamit ang palad ko. This is not what I expected to happen.

**"That was intense."** It was Honey.

I glared at her. She's holding a cigarette in between of her two fingers. Again.

**"Throw that away or I will throw you!"** I said and leave.

Dumiretso ako sa kwarto ko para harapin ang secret phone ko. Ang message ni Sir Alvin ang bumungad sakin.

**From:** *Alvin S.*

**Message:** *Your brother wish to talk to you. Call me when you're available.*

Napabuga ako ng hangin. Hindi pa ko handang makipag-usap sa kaniya. My brain are about to blow. Napakarami kong iniisip at gustong gawin pero wala akong masimulan.

It's almost my birthday in the Philippines. Alam kong gusto akong batiin ni Keiren.

Bumontong hininga ako at tinawagan ang number ni Sir. Few rings before he answer.

**["*Hey...*"]** He greeted me.

His voice sounds lifeless. Parang napilitang gumising at humarap sa maraming tao.

Hindi ko siya masisisi. Section E's building is in jeopardy. At mukang walang balak makialam si Angelo for some reason.

Worst part is, I can't pull some strings to stop them because Keigan is blocking me. Sana umabot ako. Sana magawa ko silang pigilan bago ginabain ang building na yon.

**"Can I talk to Keiren?"** I ask.

He didn't answer but I heard few ruffling sounds. I also heard him knocking on the door. A little talk and raffling sounds again.

**["*Kuya?*"]**

**"Hey, how are you?"**

Instead of answering me he giggled. **["*Happy Birthday Kuya! I have a gift for you.*"]**

Napangiti ako. **"Really? What it is?"**

**["*Secret. I will give it to you soon.*"]**

**"Thank you Keiren."**

**["*Kailan ka ulit pupunta dito?*"]**

**"I'm not sure."**

**["*I hope soon. Nami-miss na kita and Kuya Keigan. Kahit maraming pangalan yon alam kong si Kuya Keigan pa rin siya.*"]**

My forehead crease. What does he mean by *maraming pangalan?*

**"Keiren? What is your Kuya Keigan's whole name?"**

**["*Mir Keigan Watson, but sometimes he said his name is different. Almost everyday he keeps saying that I should stop calling him Kuya Keigan.*"]**

Nahilamos ko ang muka ko. Si Keiren ang madalas na nakakakita ng pagbabago ni Keigan dahil silang dalawa ang madalas naiiwan sa bahay.

**"Don't mind him. He's probably messing up with you."**

**["*I hope so. I'll go ahead na Kuya. Ma'am Cindy will tutor me now.*"]**

Hindi ko na nagawang magpaalam dahil pinatay na niya ang tawag. Kung dati ang dalas niya kong sungitan at kulitin ngayon parang ang lambing na niya.

Mukang may magandang epekto din pala ang pag-stay niya sa bahay ng mag-asawa.

I know something is missing in Keiren's life. And that something is called parents. Kahit hindi niya sabihin ramdam kong yun ang hinahanap-hanap niya. A loving parents that will take care of him.

Everytime he ask me about them it broke my heart. Not because of the real reason but because I don't know how to answer him that he won't get hurt.

Tinago ko ang secret phone ko ng makarinig ako ng pagkatok mula sa pinto.

**"You have a visitor."** It was Honey and I can sense irritation on her tone.

**"Come in."** I said and the door open.

Instead of Honey it was Ion who came in. Tipid ang ngiti niya habang palapit sakin.

**"Hi, I'm here to pick you up."**

Napatingin ako kay Honey ng mapansin ko ang pauli-ulit niyang pag-irap. Parang mas lalong tumindi ang inis niya kay Ion.

**"Where to?"**

**"The Watson's mansion. Your cousins are requesting you there."**

Napabuntong hininga ako. I just want this to be done. I sighs before walking out of my room. Ion and Honey followed me after.

Bago tuluyang umalis binilinan ko si Honey na tignan muna si Keigan para sakin. He's emotional and I'm scared that it will affect him severely.

Matapos magbilin umalis na kami. Ion can't look at me the same way before. She's avoiding my gaze. Naging tahimik pa rin kami kahit dalawa lang kami sa elevator.

**"I'm giving you time."** I said without looking at her.

**"Time for what?"**

**"Time to stop this crap."**

**"The decision is not just mine."** She said and the elevator door open.

Nauna siya sakin palabas ng hotel. Napansin ko ang sasakyang nilapitan niya. It's not the usual car that Keigan use to pick her up.

**"I'll use my car. Let me look for my driver."**

**"You can ask him to follow you. It's better if we go there together."** She said and get inside.

She's starting to get into my nerves. I ask one of the bell boy to send my message to my driver. I get inside the car after. Magkatabi lang kami ni Ion pero parang ang laki ng pader sa pagitan namin.

Naging tahimik kami sa buong byahe papunta sa mansion. And I thought they will never let me step my foot on that place again.

*What are the odds.*

I'm quite familiar with the route so I decided to look outside the window. Malayo pa pero tanaw ko na ang malaking bahay ng mga Watson. The wide green grass field at the front of the mansion. The pebbles on the road are making sounds everytime it hits by the rubber wheels of the car. Umikot sandali ang kotse sa harap ng Victorian style fountain bago huminto sa tapat ng pinto.

I got out first and help Ion to open the car door. He let me do it and gave me a short smile.

Sabay kaming naglakad papasok. The huge door open and my idiot cousin Clyde is obviously waiting for us.

**"Ion, my dear."** He greeted her with open arms.

Ion gave her a peck on his chick before hugging him.

**"Nice to see you again."**

Clyde gave me a mocking look before letting her go. She step back to my side.

**"Keifer. Good thing you came."** He said and about to hug me.

I immediately raised my middle finger and stick it into his face to stop him.

**"I'm not in the mood."**

Umatras naman siya at tinaas pa ang dalawang kamay. Trying to calm me and sign of defeated.

**"Is that how you repay your cousins who work hard for your party?"**

*Oh great.*

Agad kong ibinulsa ang mga kamay ko. Pababa ng magarbong hagdan ang pinaka-matanda sa mga Elders. Maingay ang pagtama ng tungkod niya sa makintab na sahig. He walks toward us, Clyde immediately tries to help him but the Elder raised his hand to stop him.

**"Set aside your bad manners, your in my house."** He said to me.

**"You mean my house?"** I said while raising my brow.

He look at me deadly. Hindi ko maiwasan na hindi kabahan sa kaniya. Despite the age he still have the superior aura of a Watson. Pero siniguro ko na hindi niya makikita na apektado ako.

**"The deed is not yet yours."**

**"But about to..."** I look at my wrist watch. **"...In few hours—."** Ion grab my arm.

We look at him.

**"K-keifer. He's your grandfather, please show some respect."** She said calmly.

The Elder chuckled. **"You forgot to introduce your fiancée."**

Tinignan ko lang si Ion at ng mapansin na wala akong balak na ipakilala siya sa matanda, siya na ang gumawa non. Binitiwan niya ko at bahagya siyang lumapit sa kausap.

**"Nice to meet you. My name is Janine Ion, I'm Keifer's fiancée."** She offer her hand and the Elder accepted it but instead of shaking he move it closer to his lips and kiss the back of her hand.

Ion take a back but manage to compose herself. The Elder look at her with a sweet smile. I rolled my eyes.

*Gross.*

Ion smile awkwardly before taking her hand back. I heard Clyde chuckled.

**"She's indeed a darling."** The Elder said and look at me. **"Your brother knows better than you."**

I sighs to calm myself. Kanina ko pa gustong suntukin sa muka si Clyde at tadyakan ang matandang to sa harap ko.

**"Tell me something about yourself, young lady."** He added before motioning his hand for us to walk.

Sumunod naman kami. Ion and the Elder walk together while Clyde and I are just behind them.

**"I'm a general surgeon but currently in hiatus. I'm taking my residency when I decided to stop due to some important matter."** Ion explained.

**"So you're a Doctor. What a great profession."** The Elder said and I can sense the mocking tone. **"A very hardworking person. Woman like you are welcome to my family."**

**"Thank you, I'm flattered to hear that."**

**"You're really suit for my grandson Keifer. Unlike other woman that I know..."** The Elder started and my forehead crease. **"...a bastard who can't find his father, adapted by her relatives and can't even give them a gratitude. And her mother whose in her 6th—7th husband."**

**"Oops."** I heard Clyde whispered.

My fist clenched and ready to punch someone. Hindi ako nagtataka na alam niya ang bagay na yon tungkol kay Jay-jay pero hindi ko maintindihan kung bakit sya nabanggit ng matandang to.

*Anong gusto mong patunayan?*

**"Those kind of woman will never suit for my grandson."**

**"Sira ulo kang matanda ka."** I said calmly and Ion immediately look at me with wide eyes.

Huminto rin si Clyde at ang Elder habang halatang naguluhan sa sinabi ko. Pilit pinakalma ni Ion ang sarili at ngumiti ng pilit.

**"What did he said?"** The Elder ask her.

She shook her head. **"Nothing important."**

**"Sabi ko sira ulo ka."**

Clyde's forehead crease, obviously having trouble understanding what I said.

**"Keifer..."** Ion awkwardly smile at me. **"...kaunting pag-galang, Lolo mo yan."**

Her words are different from her facial expression. She's obviously trying her best to divert there thoughts from the real meaning of what I said.

**"Sira ulo siya. Sira ulo. Sira ulo. Sira ulo."** I repeatedly said with a flat tone.

*Intindihin mo ang sinasabi ko.*

Halatang naguguluhan ang dalawa lalo na ng lumapit sakin si Ion at hawakan ng mahigpit ang braso ko.

**"Keifer."** There's a threat in her tone.

**"Is there something that we should know?"** Clyde step forward to us before crossing her arms.

Tinignan ko siya at walang reaksiyon na tinitigan siya.

**"Wala kang utak. Supot naman."**

Ion smile awkwardly to him. She grip my arm that I can feel her nails in my skin. Siniguro kong hindi ako magre-react sa ginagawa niya kahit mahapdi sa balat.

**"N-nothing. He's just asking how to say thank you."** She said trying to save my ass.

*I don't need to be save.*

**"We should continue."** The Elder said and they continue walking.

Clyde followed him after giving me a warning look. Ion still holding my arm. Tinanggal ko yon sa isang hawian lang.

**"Hindi mo ko kailangang tulungan."** I said walking away from her.

**"Siya yon, tama ba?"** She ask that stop me.

**"Yung sinasabi ng Lolo mo. Siya yung dahilan kaya ka kumakapit sa pag-asa."**

She walks closer to me. I look at her full of warning. One wrong word at baka hindi ko siya matantsa.

**"Who is she? Keigan told me that he needs me to get rid of a woman in your life. She's that woman, right?"**

My fist clenched. **"She's none of your business."**

**"She is now. Kaya kitang tulungan sa kaniya."**

I laugh as if it was a joke. Isa akong Watson, hindi ako nanghihingi ng tulong pagdating sa babaeng mahal ko.

**"I don't need any help, what I need is you to stop this bullshit."**

Tinalikuran ko na siya at nagpatuloy na sa paglalakad. Pero wala talaga siyang balak tumigil. Pilit niya kong sinabayan sa paglalakad.

Nakita ko sila Clyde the pumasok sa isang malaking pinto. That's probably the biggest hall where they're planning to held the event.

**"Listen to me Keifer, your brother can ruin her."**

*Fvck this.*

Tumigil ako at hinarap siya ulit. I lean closer to her so she could understand every word from my mouth.

**"And I can ruin my brother or anyone who will try to touch her! I can do anything just to protect her even hurting myself!"** I catch my breath after saying those things.

Nakatingin lang siya sakin habang bakas ang pagkamangha.

**"You're really like Angelo. You both turn selfless..."** Her face turn fierce. **"...and selfish at the same time."**

Tinalikuran na niya ako at nagpatuloy sa paglalakad. Pumasok rin siya sa hall.

I shook my head. I really don't like being compared with that demon.

*Not with him.*

Pang-angel lang ang pangalan non pero demonyo talaga yon. Mapag-panggap.

Sumunod na sa kanila at pumunta na rin sa hall. As expected most of the servants are here to set up the event. Few of my cousins are also here.

**"Keifer."** One of my cousin called me while walking toward me.

*Hazel Watson.*

Inabot niya sakin ang isang paper bag.

**"Please change. We need your photos for the program tonight."** She said and walk away.

Napatingin ako sa isa sa mga pinsan ko. He's holding a camera and talking to someone while looking for best place for the pictorial.

This is crap, just like them. Hindi ko alam na kailangan pa ng mga ganito. Such a waste of time.

**"Just do what she said. You won't like it when my control freak sister get mad."** Clyde said while drinking champagne.

*You won't like it when I get mad.*

**"Whatever."**

Dala ko ang paperbag at dumiretso ako sa wash room. Nagbihis kagaya ng gusto ni Hazel. It was a tuxedo with a very expensive brand.

Tinignan ko ang sarili ko sa harap ng salamin. I'm quite surprise that it fit so well. Habang inaayos ang pants ko napatingin ako sa secret phone na nakapatong sa pinaghubaran kong damit.

Medyo matagal ko na ding hindi nakakausap si Jay-jay. I decided to send her a message.

**To:** *MyFutureMrsWatson*
**Message:** hey. How are you?

Balak ko sanang hinatayin ang sagot niya pero biglang bumukas ang pinto at tuloy-tuloy na pumasok si Clyde. Agad kong tinago sa mga damit ang secret phone.

**"Don't you know how to knock?"** I ask sounds pissed.

He raised a brow. **"Don't you know how to lock?"**

I sighs. It's useless to argue with him. Inayos ko na ang damit at akmang lalabas ng dala yon ng biglang bumukas na naman ang pinto.

Halos sabay kaming nagreklamo ni Clyde sa tuloy-tuloy na pagpasok ni Hazel.

**"Damn it! Don't you know how to knock?"** Clyde ask while trying to close his zipper.

Hazel raised a brow. **"Don't you know how to lock?"**

*They're definitely siblings.*

Hinarap ako ni Hazel at inagaw ang hawak ko. Binaba niya yon sa lamesa sa tabi ng pinto. At mabilis akong hinatak palabas.

**"Can you move a bit faster?"** She said while dragging me like a kid.

**"What is this for?"** I ask but she didn't answer.

Nakarating kami sa gitna ng hall at binitiwan niya ko. I heard few clicking sounds which is from the camera that's pointing at me.

*What's the purpose of this?*

Narinig ko ang pagsigaw ni Hazel at pag-uutos niya na mag-post ako sa harap ng camera. I saw Ion watching me behind Hazel. She seems enjoying the show.

I rolled my eyes. Sinunod ko nalang ang gusto ng pinsan ko para matapos na. I badly want to end this crap. Wala din naman akong mapapala sa party na to.

The photographer stops for a while. Hazel talks to him and to Ion. I suddenly feel unease. Mukang alam ko na ang mangyayari.

*Not with her.*

At mukang tama nga ang hinala ko. Hatak-hatak ni Hazel si Ion palapit sakin. Pilit niya kaming pinagtabi at hinatak pa ang braso ko para sana iakbay sa kaniya pero pinigilan ko siya.

**"What are you doing?"** Irritation can sense in my tone.

**"Couple picture."** Hazel said in a *isn't-obvious* tone.

Agad akong lumayo. **"No. This is enough. We're done."**

**"What? No, we are—."**

**"I said we are done!"** I shout and glared at her.

She step back and gulp. **"O-okay."**

Tinalikuran ko na siya at naglakad. Napansin ko si Clyde na nakangiting nakaharap sa cellphone—*fvck! That's my phone.*

Something snap on me and my adrenaline rush through my body. I run and immediately grab my phone from him.

Ganun nalang ang galit ko ng makita kong nagreply siya sa message ni Jay-jay. My hand automatically grab his shirt. He remained smiling and it makes me livid.

**"How dare you?!"** I shouted at him.

Malakas na tawa lang ang sinagot niya sakin. I punch him twice but it didn't stop him. He continue laughing at me.

**"Keifer! Stop!"** I heard Ion shouts.

**"What the hell?! Stop! Someone stop him!"** It was Hazel.

But I listen to no one. I keep punching him. Blood is pouring down from his nose and mouth.

Someone tries to stop me but he just recieve a punch from me. I get back to Clyde but I heard the roaring voice of the Elder that makes me stop.

**"KEIFER!"**

Mabigat ang paghinga ko. My fist are still clenching. I badly want to break Clyde's skull and watch his blood colored the shiny floor.

Agad na lumapit si Hazel at ang iba pa kay Clyde para tulungan siya. Some clean up the mess that I made.

**"K-keifer."** It was Ion and I can sense that she wants to touch me.

Napalingon ako sa matanda ng marinig ko ang tungkod niyang tumatama sa sahig. He looks at me with full of disappointment before walking away.

**"What happened Keifer?"** Ion ask calmly.

**"None of your business."**

I look around and I see nothing but darkness. Minabuti kong umalis nalang at iwan ang lahat. This place is nothing but fvck up.

Nakita ko ang kotse ko at ang driver na naka-abang lang sa labas ng mansion. Pinagbuksan agad niya ko ng pinto.

**"Uncle Kier's place."** I said when he get inside.

He look at me with doubt. **"S-sir. There is an order—."**

**"I don't give a fvck!"**

Hindi na siya nagsalita pa. He drive the car away from this place.

Tinignan ko ang phone ko at mga messages ni Jay-jay. Napabuntong hininga ako ng mabasa ko ang mga yon.

*That fvcking asshole.*

Nagpadala pa talaga siya ng picture ko. Bahagya akong nakahinga ng maluwag ng masiguro kong wala siyang sinagot na ikakasakit ni Jay-jay.

Hindi ko kakayanin kapag nalaman niya ang engagement set up na to.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 296

**A/N:** my pa-tshirt si Mayora.

Visit Tropa ni eatmore2behappy fb group for more details.

Sorry sa wrong grammar at typo.

**Nyappi Brrrittday**

***Keifer's POV***

**" *...I'm gonna take my horse on the old time road...* "**

I watch him sway his hand. He obviously enjoying the song from the internet, which I don't know how he learned to use.

**"Keifer..."** He called me. **"...How can I hide my post from a specific person?"**

*Hide his post?*

**"U-uncle?"**

**"I will greet you on Facebook but I don't want my jealous brother to see it."**

**"You don't have to greet me online."**

He pout a bit. **"But I want to."**

I shook my head. Uncle Kier looks good now. I even saw him playing Mobile Legends on his phone when I came. He's acting like real melenial.

Lumapit ako sa kaniya at sinara ang laptop niya.

**"I much more appreciate it if you greet me in person."** I said smiling a bit at him.

He press his back at the backrest of the chair. He looks at me intently.

**"I just remembered... Did my older brother allow you to visit me again?"**

**"Well... H-he doesn't know that I'm here."** I said while massaging my nape.

Bahagya siyang tumawa habang napapailing.

**"Fvck his rules."**

Ngumiti naman ako. He looks at me from head to toe.

**"What's with the tuxedo?"** He ask. **"Is that your costume for tonight?"**

*Costume?*

**"I don't think so. I wear this for the so-called-photoshoot organized by Hazel."**

**"Your cousin Hazel?"** He ask and I nodded as an answer.

He chuckled a bit. **"Hazel and his twin Clyde are a great combination."** He shook his head. **"Hazel the feminist while Clyde the masculinist."**

**"More like a woman hater."**

**"He hates them because her fiancée leaves him. Poor boy."**

I simply shook my head. She leaves him because he's an idiot. A good example of a d*ck headed human.

Nakita ko ang ambang pagtayo ni Uncle kaya mabilis ko siyang tinulungan. Napahawak pa siya sa balakang para mag-unat ng makatayo ng maayos.

**"Ow, my bones."** He said and walk slowly. **"I miss my younger days."**

Sinundan ko siya at nakita ko siyang dumiretso sa kwarto kung saan siya pumasok dati. Same room where he took the photo album. I waited for him outside the room. It's a good thing he didn't took so long to finish his business inside.

Umabas siyang may dalang kahon na nakabalot at my ribbon. The texture looks old probably because of the color of the gift wrap.

**"Happy Birthday my grandson."** He said and handed me the gift.

I accepted and smile. **"Thank you Uncle."**

**"Would you like to open it now?"** He ask and gave me a serious look.

I got confuse but I still nodded.

**"I'll leave you here alone."** He said and leave me.

I decided to walk toward the patio. The sliding glass door is open. Naupo ako sa parehong pwesto kung saan laging umuupo si Uncle.

I slowly remove the ribbon and wrappers. Then I realize that the wrapper was really old and it's not a design. Bumungad sakin ang isang kahon, a bit smaller than a shoebox.

Binuksan ko yon at sari-saring litrato at papel ang nakita ko. Some of the papers are folded and look fragile. Kumuha ako ng isa at dahan-dahang binuksan yon. Ganun nalang ang pagtataka ko ng makita ang pangalan ni Angelo and it's a fvcking last will and testament of someone.

*What's with that Demon?*

Binasa kong mabuti ang nakalagay. It was a handwritten testament at dugo ang ginamit para magmarka ang fingerprint as a sign of signature or authenticity.

I read the name out loud. **"A-angel Watson?"**

The guy beside my Monster Dad. The guy that my grandpa adopted before. Pero hindi ko maintindihan kung bakit siya nag-iwan ng pera kay Angelo. And it says here that he's leaving all of his money to him.

*Sana mali ako ng iniisip.*

Tinignan ko pa ang laman ng box. I saw few photos of that guy and.....*Angelo's Mom*? She looks so young. Probably highschool base on her clothes which is a school uniform.

Few more papers that supports the last will with signatures of my own Mother. And finally at the bottom of all documents and photos, a hand written letter of my Mom for me.

Ganun nalang ang bigat ng dibdib ko ng makita kong may mga marka yon ng natuyong tubig. I know it's not an ordinary water drops. Those are her tears.

*My Mom.*

I slowly read it. Each words affects me and giving ache in my heart.

*Keifer my son, forgive me if I gave you so many responsibilities at a young age but I have no choice. How I wish I can finish what I started but I know it's not gonna happen.*

May mantsa ng kumalat na tinta ang papel. Must be her tears while writing this letter.

*I want to hug you and repeatedly ask for your forgiveness. I made a lot of sins not just to you but to your father and to your friend Angelo.*

I arch a brow. Angelo? Anong kinalaman niya dito.

*Your Dad loves me with all his heart but it's not enough, I'm not enough. So I decided to continue my plan. The inherits should be yours. No one deserves it but you. But I need to distract them to divert their attention. And your friend's Mom came, Gemini Fernandez.*

Angelo's Mom! What the hell is this?!

*A young, intelligent and lovely woman. A lot of people loves her instantly. Your father shows an interest but he's not the only one. Your uncle name Angel also pursued her.*

*And things happened. She got pregnant without knowing who's the father. But I know who. I exactly know.*

Sandali kong binaba ang sulat at hinilamos ang muka ko. Hindi ko gusto tong nababasa ko. Gusto kong sunugin ang sulat but I have to find out what's this is all about.

*I take advantage of her situation especially when the news spread like a wild fire. Some says that it was your Dad's child. I didn't say nor done anything to stop the rumor. Until she gave birth to a healthy boy.*

Pero sino nga ang tatay niya? Hindi pwedeng kapatid ko siya. Hindi ko matatanggap yon. Itatakwil ko nalang ang sarili ko sa pamilyang to kung totoo ang hinala ng mga Elders.

*I know the whole Watson Empire will look for that child. They will do anything to find out the truth about him. So, I did what I think is the right thing to do. Eradicate the existence of those people who knows the truth.*

Nalukot ko ang papel na hawak ko. She—she eradicate them? My Mom can't do such thing.

*One by one, I watch them bleed and beg to be save. Until your Uncle Angel found out that it was me who's eliminating them. He tries his best to save the others, including Gemini. He decided to made a deal with me but he betrayed me and I have no choice but to end him.*

*The mystery of Angelo's real identity remain. With the help of his own mother as an exchange of keeping her son alive, she makes sure no one will find out the truth.*

*If someone ask, she will shut her mouth. If someone dare to investigate, she'll tell me and I'll end them. Our little game continue until Angelo shows up in our house. A teenager who's obviously discovering his own self. He's looking for his biological father. I don't know how he ended up in front of me, but I know he's determine to meet him.*

*There's no way he will find what he's looking for but I still gave him the location. It took him just a week to find the grave of his own father. Without any clue from me, without a tomb or marker he still manage to find him.*

He's dead! Angelo is not my brother. The rumor is fake. I badly want to jump and shout like a caveman discovering the fire. And here I thought I'm related to that demon.

*That kid, Angelo was in pain. I saw how he beg to his Mom, seeking for an answer. But that's not what bothers me. He's capabilities. He can do*

*things beyond what I expect from him. One day, he'll grew wiser and it will not take long before he finds out. I have no choice but to make a move.*

*Using the last will of Angel, I made sure that his son will follow what I want. Like what his Mother done for me. He became the diversion. He successfully manage to get their attention. He fooled everyone except for one person.*

*Your own Dad.*

Binalak din nilang lokohin ang halimaw na yon? Of course if he did touched Angelo's Mom, he can be fooled but he wasn't. What does it mean?

I continue reading despite the time.

*Once your father found out about the last will of your grandfather, I know he will kill you. I need to divert his attention too, but I failed. Everything got out of my hand. My planned ruined and things are got worsted.*

Sinunod kong basahin ang kasunod na papel. Same with the first paper. There are water stain and ink are almost spread on the sheet.

*I'm scared on what your father can do to us or to you. Sooner or later he'll find out about my plan but I haven't tell the truth to that Angelo kid. I know I'm no longer alive when you receive this. So please, do me a favor. Give the rest of the documents to Angelo and end this game that started with you and his real identity.*

*Ask his forgiveness for me, please. Talk to Gemini as well and tell her that Angel really loves her until his last breath.*

*I have so many regrets from my past but I will never wish to turn back the time because I know I may not have you as my son. And I will never regret the day that I first held you in my arms.*

*Did you know that I got your name from a guy who save me? The guy who I truly falls in love to. I mark him as my keeper.*

*Can you tell Keigan that it was your father who named him but I know it was after a Royal knight. And Keiren was originally Kim renz but I decided to change it close to your name.*

I wipe the tears from my eye. I just realized that our names are quite special to her. I continue reading unto the last part.

She keeps asking for forgiveness not just to me but to Angelo's family too. She explained every part of the plan, whom should I trust and to whom I should ask for help. It took four peace of papers to finish the letter. And after reading her letter, I made a decision.

Binalik ko sa kahon ang sulat. I lowered my head same time as I clenched my fist.

This past few days I keep thinking If I should continue this fight. I've been missing Jay-jay too much. Hindi ko rin maasikaso ang mga kapatid ko. But after reading my Mom's letter about her sacrifices for us and regrets. I know to myself that I have to continue.

Tinignan ko sandali ang nakabukas na kahon. Angelo needs to know the truth. Kailangan din niyang makuha ang kabuuan ng namana niya. No wonder why he can pay the annual fee of his membership. Meron siyang tinatagong pera. Yun nga lang mukang wala siyang balak gamitin yon pambayad sa mga utang ng company nila.

*Why? What are you up to?*

Sinara ko ulit ang kahon at pumasok sa loob ng bahay. Nakatayo si Uncle habang nakalagay ang dalawang kamay sa likod.

Tinignan niya ko sandali at ang kahon na hawak ko.

**"I know, there are times that you want to give up and leave everything here."** Bahagya siyang lumapit sakin. **"But I saw how your Mom works hard. I can't afford to see you giving up everything she sacrifices for."**

I nodded shortly and force to smile. **"I know, from the start, I understand it already. But my life, my world, my future Queen is waiting for me."** I close my eyes and sighs. **"And it looks like she'll wait a little longer."**

Uncle chuckled and hug me. **"Happy Birthday Keifer. I know you can do it."**

Bumitaw siya sakin at tinuro ang isang kwarto malapit samin. Lumapit naman ako don kagaya ng gusto niya. I open the door and what's inside surprises me.

It's a room full of clothes. From accessories to shoes and ties. All branded and expensive brands. Some are limited editions and the others are never been seen design that's meant for a well known person.

**"That is your Mom's gift."** He pointed out the box. **"Here is mine."** He gestured his hand to the clothes. **"Now, suit your self and get ready."**

Tinalikuran niya ko at sinara ang pinto. I let myself look around. I'm not really into expensive clothes. I don't give a fvck about the brand. But all of this still excites me. If Jay-jay could see this.

Nanlambot ako ng maalala ko ang dapat kong gawin. My original plan is to go back home after the day of my birthday. Pero hindi ganun ang mangyayari. Kailangan kong ma-secure lahat ng iiwan ko dito bago ako bumalik.

*So much for my birthday.*

Gusto ko nalang matapos ang araw na to. Pinili ko nalang mamili ng damit na susuotin kagaya ng sinabi ni Uncle.

Habang patuloy ako sa pagtingin naramdaman ko ang pag-vibrate ng secret phone ko. I took it out of my pocket. Unregistered number is calling me. Pamilyar sakin ang number pero hindi ko mapunto kung sino.

I have no plan of answering it but for some reason my guts is telling me to. Sinagot ko ang tawag pero sinigurado ko na alerto ako at hindi magsasalita.

**"Hoy....GagongBaliw."**

Natakpan ko ang bibig ko. I know who's that voice is.

**"...Ako to! Si Jay-jay maganda."**

I bit my lips to hold my smile. I miss her voice so much.

**"Sino ka ba talaga?! Ang lakas kasi ng trip mo hindi ko masakyan. Kapikon na eh! Alam mo yun! Sabihin mo na kasi kung sino ka? Ka-stress ka—sobra!"** She said and I can sense her irritation.

**"Can you please say something? Natutuyo na laway ko dito kakadaldal tapos speechless ka pa rin."**

I badly want to speak. Gusto kong isigaw na miss na miss ko na siya. If I could only hold her right now. Naipikit ko ang mata ko para damhin ang boses nita. At least she's in front of me in my imagination.

**"Hoy! Kung sino ka man—alam kong malapit ka kay Keifer. Baka pwedeng...** ***ano***... **pakisabi..."** She paused for a second. **"...*Nyappi Brrritttday*."**

*Nyappi? Is that a word?*

Pinilit kong wag tumawa pero hindi ko pa rin napigilan. Bahagya ko nalang nilayo ang phone sa bibig ko.

Now she thought I'm not GagongBaliw—or the other way around. She thought GagongBaliw is not me. SAAN BA KASI GALING ANG GAGONGBALIW NA YAN?!

**"Sige. Tumawa ka. Maligaya ka dyan."** I heard she said.

She pause again for a while. I know she's thinking about something and I'm having a bad feeling about it.

**"...Baka pwede ring pakisabi na..."** She sigh heavily. **"...pakisabi na bumalik na sya. Nahihirapin na yung mga kapwa nya Ulupong..."**

Napaupo ako sa sahig dahil sa panlalambot. Alam ko hirap na sila at alam ko rin na hirap na hirap na siya. At ako rin hirap na hirap na.

**"...kailangan sya ng Section E..."**

*How about you? Do you need me?*

**"...maraming umaasa sa kanya..."**

*Umaasa ka rin ba sakin?*

**"...gusto na rin syang makasama ng mga kaibigan nya..."**

*And I hope you are too.*

**"Pakisabi na rin... Kung ano man yung inaasikaso nya. Pakibilisan."**

Nahilamos ko ang muka ko. Isa sa mga kinakatakot ko. Naiinip na siya.

*Please hold on for a while.*

**"...Wish ko rin para sa birthday nya. Maging totoo na sya sa nararamdaman nya..."**

My eyes are starting to get cloudy but I still manage to smile.

*Wish granted.*

**"...wish ko rin na sana mapatawad nya ko..."**

She have no reason to sya sorry. I should be the one to apologize.

**"...sa mga nagawa ko sa kanya."**

Her voice are starting to change as if there's a lump on her throat. Why do I feel like she's saying goodbye to me? Is she giving up?

*Oh gad, no!*

**"Sana lang talaga bumalik na sya agad... pero kung hindi pwede. Okay lang tatanggapin namin."**

*Stop! Don't say things like that.*

**"...pakisabi yung mga yon sa kanya ah? Aasahan ko yan."**

She's giving up. She can't wait for me anymore. Tears started to fall from my eyes. Nailayo ko ang phone at hindi ko na narinig ang mga sunod niyang sinasabi. My other hands are covering my eyes.

*She don't want to wait anymore.*

Nabitawan ko na ng tuluyan ang phone ko. Nasabunutan ko din ang buhok ko. She don't want to be with me anymore.

Kaunting panahon lang ang hinihingi ko. Hindi ko pwedeng iwan nalang ang lahat dito.

*Please Jay!*

**"Keifer."**

I look up to see who it is. I'm quite surprise to see Ion standing besides me. She kneels down and look at my face.

**"W-what happened?"**

For some reason I saw the Ion that I know before. The Ion who always have a care about other peoples well being. The Ion that use to force me to call her ate.

*The Ion that I have a crush before.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 297

**A/N:** literal na nakapikit habang nagt-type. Antok na antok ang lola niyo. I hope you guys enjoy.

Sorry sa wrong grammar at spelling.

**Party like a Watson**

***Keifer's POV***

Ion stares at my secret phone for a while.

**"Her name is Jay-jay? I thought she's a guy."** She said and smile. **"She's cute. Pero bakit ganito ang picture niya? Can I see a decent photo of her?"**

Yung picture na galing kay Ci-N kasi ang pinakita ko. And obviously, she doesn't look at the camera. Nanlalaki pa ang butas ng ilong habang nakatingin ng masama sa kung kanino.

*Ci-N never gave me a proper shot of her.*

**"Swipe the screen, maybe you'll find one."** I said before sitting down besides him.

Kakatapos ko lang magbihis ng susuotin sa party. Ion helps me to choose after I cried a river. And I can't believe I did it in front of her like a child. I only cried like that in front of Jay-jay.

She smile when she saw few funny faces of my queen.

**"I like her already."** She said and gave my secret phone back to me. **"She's the reason why you don't want to marry me?"**

**"And her cousin is the reason why you want to marry me."** I stated.

Nawala ang ngiti niya at parang inisip na mabuti ang sinabi ko.

**"Cousin? She's a cousin of—oh dear."** She looks shock, worried but then laugh at the end. **"What did he said? I know you two are not in the same boat."**

**"Well, he obviously don't like the idea of me being with his cousin. Sometimes I received curses or threats."**

She giggled. **"He's always be that possessive guy. I didn't know he'll be the same to his girl cousin."**

I arch a brow. I can see glimpse of amazement through her eyes.

**"Only to her."** I said and stand up.

Sumunod naman siya sakin. Inayos ko ang gamit ko at ang regalo ni Mom. She always have a surprise for me. She put so much faith that I'll recieve her gifts.

**"How'd you find me anyway?"** I ask.

**"I called your brother then he called your driver."** She smiled innocently.

I nod once. Siniguro kong nakaayos ang regalo ni Mom kung saan hindi yon madaling makita ng iba. I have no plan on bringing it to the party. There's a lot of important documents inside. Lumabas na ko kasunod si Ion. I saw Uncle getting ready by fixing his bow while his butler is on his side.

**"Ready?"** He ask me.

**"I think."** I answered and he chuckled. **"I'll wait for you outside."**

Nauna na kong lumabas. I know Ion is just behind me. Lumapit ako sa kotseng naghatid sa kaniya dito.

**"See you at the party tonight."** I said while opening the door.

She walk closer and stop in front of me. **"You mean tomorrow night?"**

**"Tss. There's no difference. It's my birthday in few hours."**

**"Then it's almost your birthday."** She smile lean closer.

Akala ko hahalikan niya ko sa pisngi but she's aiming straight to my lips. Agad akong lumayo para maka-iwas pero nasagi ko ang pinto ng kotse. She took advantage of my situation and continue her scheme.

I tried to look away but her lips still rich the side of my lips. I slightly push her and look at her deadly.

**"Ion."** I said with authority.

She smile innocently. **"Happy Birthday Keifer. I will always be your first kiss."** She get inside the car.

*But you won't be the last.*

I close the door and walk away.

Napahinto lang ako ng makita ko si Uncle at ang butler niya. They're both looking at me intently. Narinig ko ang pag-andar ng kotseng sinasakyan ni Ion.

Uncle shook his head. **"Young generation are so complicated."**

**"I-it's not what you think."** I tried to explain but they turn their back.

**"What can I say? You're a Watson after all."**

Sumakay na siya sa kotse niya at naiwan akong nakatayo malapit sa kanila. I watch them leave and drove away.

Napabuntong hininga nalang ako. Dumiretso ako sa kotse ko. My driver starts the engine and followed Uncle's car. I wipe the side of lips.

*Fvck this! Fvck this! Fvck this!*

If they find out what she have done I'm doom. I can't believe I let her do this. I let her kiss—*yes, it's indirect*—but still a kiss.

Hindi to pwedeng malaman lalo ni Jay-jay. She's about to give up on me now. Kapag nakarating pa sa kaniya to baka tuluyan na niya kong iwan.

Naubos ang ilang oras ng biyahe ko sa kakaisip ng mangyayari at kung pano hindi malalaman ng iba ang ginawa niya.

I was staring at my secret phone when we reach the Watson Mansion. Expensive cars are parked in front of the mansion. I checked time through my secret phone.

*1 hour.*

Huminto ang kotse at agad akong bumaba. Uncle and his butler are waiting for me. Nakatayo sila malapit sa pinto.

**"Sorry for keeping you wait."** I said.

**"Are you ready Birthday boy?"** Uncle ask.

I massage my nape. **"Please don't call me that."**

He laughed and turn. We starts to walk toward the mansion door. May ilang mga kamag-anak kami na kasabay naming naglalakad papunta ng hall. Some of them greet my Uncle but ignore me like they don't see me.

I'm not sure if they don't know me or they just choose to do so.

Pagdating sa hall binuksan ng mga staff ang pinto. Agad na umugong ang music mula sa loob. A classical music piece played through a piano.

*Let me vomit.*

Unang naglakad si Uncle at halos sabay naman kami ng butler niya. Tumingin samin ang ilan at meron agad nag-iba ang timpla ng muka ng makilala ako. May agad na umiwas at lumayo sa daraanan ko. Merong nagbulungan at ang iba plastic na ngiti naman ang binigay sakin.

Malayo pa pero naririnig ko na ang malakas na tawanan ng mga Elders. I should ready myself for their insults.

**"Kier, you shouldn't be here."** The Oldest said when we reach them.

**"This is also my house. I have the right to be here, Maveric."** He said with a deadpan look.

**"I'm talking about your health condition."** The Oldest answer with irritation.

I saw the superiority through him. Intimidating despite his ages.

Funny. Sa tinagal ko dito ngayon ko lang nalaman ang first name ng pinaka-matanda. Maybe because I don't usually give a fvck about him.

**"My health never matters to you."**

Gusto kong tumawa dahil sa pagiging pranka ni Uncle Kier sa kaniya. Halata din na napipikon na siya. I look at the other Elders who's obviously unhappy to see us.

Tinignan ako ng isa sa mga Elders na katabi mismo ng pinaka-matanda.

**"Keifer. Go find Hazel."** He command.

I nodded shortly and bid my goodbyes to them. I walk around and look for my cousin like what they ask me to do.

*So many rich people.*

I almost laugh from what I think. Hindi nga pala sila Watson kung hindi sila mayaman. I watch how they show their sufistication. Jewelry are shining from their body parts. Expensive clothes are waiving. Too many voices and too many conversations. Drinks are everywhere and so as the buffet.

This is the first celebration and this is how a Watson organize a party. When they Watson style, they mean it. Party like there's no tomorrow. Drink like it was your last drink. Dance like no one is watching. And they say rich people are boring.

Watson birthday party consists of two celebration, the first one starts by midnight, waiting for clock to rich 12AM. It's their way to welcome the day of the celebrants. Second celebration is to wait for the end of the day.

First celebration is usually for the relatives of the celebrant. While the second is for anyone that they invited.

Hindi ko makita ang purpose ng dalawang party. Pareho lang naman din ang mangyayari. Ipapakilala ang may birthday, kakain, kaunting usapan, sayawan then uwian. So what's the difference? This is wasting of time.

Nakita ko si Hazel na may kausap. Balak ko sanang hindi na siya lapitan pero nakita na niya ko at siya na rin ang lumapit sakin.

Isang mahinang sampal sa pisngi ang binungad niya sakin. Napatingin ang mga nasa malapit samin. Pero agad na ngumiti ang Hazel ay inayos ang damit ko.

**"That's not how you wear Gucci."** She said and force a smile.

**"Yeah right."** I said sarcastically.

She lean closer and whispered. **"That's for hurting my brother."**

I knew that from the start. My lips form into a smirk and lean closer to her ears. **"He deserves it."**

Bahagya niya kong tinulak at kita ko ang galit sa mga mata niya. We do have the same eyes when I'm mad. Part of Watson's traits I guess.

**"Don't start with me."**

**"Your brother started it. He always tempting my patience."**

She sighs. **"I let it pass for now. But next time, I'll make you pay."**

I rolled my eyes. She can make me pay now. I want to see her capabilities as a Watson. Inangkla niya ang kamay sa braso ko. Bahagya niya kong hinatak palapit sa mga taong kausap niya kanina.

**"Keifer..."** She took my attention. **"...this are our other cousins."**

I look at them and I almost raised a brow. Halata namang hindi nila ko gustong makilala. Pilit na ngiti lang ang binigay nila sakin. Others look at me from head to toe.

Walang gustong lumapit at makipag-kilala kaya naman si Hazel na ang gumawa para sa kanila. Bumitaw siya sakin at lumapit sa isa sa kanila.

**"Keifer, this Angelica Louise Sendrijas. She owns the Sendrijas pharmaceutical company in Germany."** Hazel said.

She tried her best not show her irritation but I can still sense it. She offer her hands for a shake hands.

**"Nice to meet the only heir of Watson's inherits."** Angelica said with sarcasm.

Tinignan ko lang ang kamay niya at patay malisyang humarap sa iba. At the corner of my eyes, I saw how pissed she was. Hanggang hindi na niya nakayanan at nag-walk out.

Hazel look at me with threats. Sunod niyang nilapitan ang isa pa sa mga pinsan namin.

**"I want you to meet the head of the Orcas foundation. Hannah Luisa Orcas."**

Hannah just smiled at me but didn't bother to offer her hands. I show no reactions.

Sunod naman niyang pinakilala ang kambal na kanina pa nakatingin sakin.

**"This is Ayana Rain and Dana. They handle a very famous jewelry shop in Paris."** Hazel said and they both smiled at me.

She again drag me to another group of people.

**"Gierence..."** She took their attention. **"...This is Keifer, our cousin from the Philippines."**

I almost raised a brow. It's incomplete. She should inform them that I'm the heirs of the family.

The Gierence offer his hand for a shake hands but Immediately ignore it. He simply nod and drag the woman besides him.

**"This is my wife Samantha by the way."** He introduced his wife but notice how he glared at me.

*I know that look.*

I'm not interested at his wife. I have my beautiful Jay-jay.

Marami pang pinakilala sakin si Hazel. Halos maubos ang oras namin sa kakahatak niya.

But my suffering from her hands has come to its end. Umakyat ang pinaka-matanda sa mga Elders sa mini stages at nagsalita sa mic.

I saw our other cousins signalling us to come closer to the stage. Si Hazel ang nauna at sumunod ako.

**"Good evening, ladies and gentlemen. As the Eldest member of this family, I would like to thank you for joining us..."** He said and raised the glass of champagne. **"As you all know, the only heir of this family is celebrating his upcoming birthday. He's legal age to accept the first term of the last will and testament of my late brother, Keeper."**

*Yup, I have the same name with him.*

**"From this night, he will no longer the bastard of this family but the next CEO of Watson Enterprise. So please come closer and sing with us. Let's welcome the day of his birth."**

Inakyat ang malaking cake sa mini stage kasabay ng palakpakan ng mga bisita. It was a shining black covered cake with gold lettering of my name and '*happy birthday*'. Very simple yet look so elegant and expensive.

Si Keigan ang nagtutulak non papunta sa gitna. Uncle Kier push me to get on the stage. Walang reaksyon ang muka ko habang nakatingin sa kanilang lahat.

Keigan smiled at me while clapping. **"Happy Birthday Kuya."**

Ginulo ko ang buhok niya. **"Thank you Keigan."**

Tumabi siya at hinayaan akong lumapit sa cake. Sabay-sabay na kumanta ang mga tao ng walang katapusang birthday song.

**" *Happy Birthday to you....*"**

While looking at them and listening to their song, I can't help but to think of my friends. We use to celebrate together. Having all night drinks and none stop food party. They even rent this karaoke thing just to watch Ci-N sing the whole song book.

We celebrate like no tomorrow. I can imagine how happy I am and I can be more happy if Jay-jay have join us.

Natapos ang kanta at hinintay ng mga bisita na hipan ko ang kandila. Ginawa ko ang inaasam nila at malakas na palakpakan ang naging sagot nila.

Keigan gave me the mic. **"Please thank them for attending your party."**

Kinuha ko ang microphone at nagsalita.

**"Thank you for attending my birthday party."** Tinignan ko silang lahat at ganun nalang ang gulat ko ng makita ko ang hindi inaasahang bisita.

*The Monster.*

**"...but I don't need you here. So please leave and make sure I will never see your faces again."** I said without leaving my eyes on him.

I heard the Eldest gasp and Keigan called my name. While the visitors commented harsh words on me. Some call me bastard while others called me disrespectful.

Unti-unting lumakad paalis ang mga tao maliban sa kaniya at sa mga tauhan niya.

**"Keifer! What the hell is this?!"** The Eldest called me.

**"He's here."** I said almost whispered.

They all look at the same way that I'm looking at.

**"Kaizer."** Uncle Kier said.

I felt Keigan's presence at my back. **"K-kuya."**

**"Sshh... I'm here Keigan, I won't let him hurt you."** I said without looking at him.

Narinig ko ang isa sa mga Eldest na inutusan ang mga crew. Agad na kumilos ang mga to para isara ang pinto matapos lumabas ang huling bisita.

Lahat ng bodyguard ay lumitaw at pumaligid sa buong hall. Pumalakpak ang halimaw habang palapit samin.

**"Happy Birthday my son."** He said and spread his arm as if he's waiting for a hug.

Lahat kami bumaba ng mini stage at bahagyang lumapit sa kaniya.

**"What the hell are you doing in here?!"** Uncle Kier ask with a threat on his voice.

**"Attending the party of my precious son."** He said and gave us a pure evil smile. **"Of course I won't miss the special day of my child. After all I'm his *father*."**

For some reason my heart beats fast when he emphasized the last word. I wanted to puke but I know there's a deep meaning for it.

**"What do you want?"** I ask while trying to calm myself. **"You will never get a single peny from my inherits."**

He smile while shaking his head. **"You're like your Mother."**

Napatingin ako sa mga kasama niya. I saw Dylan, his hitman looking at Keigan behind me. I slightly block his view.

**"Leave now Kaizer or I will make you."** Banta ng pinaka-matanda.

**"Oh please, not yet."** Kuwaring paki-usap niya pero nakangiti naman siya. He then look at me seriously. **"We have some important things to talk about."**

**"Say what you wanted to say."** I glared deadly.

He smirked. **"You're the one who will say something to me."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 298

**A/N:** para sa kapatid ko na nagbabasa nito. Ayan na! Matay m kong madaliin.

**Happy Birthday to you!** *Who ever you are.*

Grammar and spelling ay hindi ko pa nache-check. Kaya pagpasensyahan nyo na sana.

**Seeking Truth**

***Keifer's POV***

**"I want everybody to leave."** The Monster said.

But nobody moves. Hinawakan ko rin ang braso ni Keigan na bahagyang nasa gilid ko na.

*I want no one to leave but him.*

**"My son and I will talk privately."** He added.

But again nobody moves and stared at us.

**"K-kuya... W-what does he want?"** My brother whispered. I can feel him shaking.

Hindi ko maiwasang hindi magalit. Bakit ganito pa rin ang epekto niya sa kapatid ko? Anong ginawa ng halimaw na to sa kaniya.

**"No one will leave this room. If you want to talk to him, do it in front of us."** Uncle Keir said.

The monster laugh. **"You said so."** He turn to me with a serious look in his eyes. **"Anong totoo?"** He ask.

My forehead crease. Mukang wala talaga siyang balak ipaalam sa kanila ang pag-uusapan namin.

Agad na nagreklamo ang mga Elders dahil hindi nila naintindihan ang sinabi ng halimaw kong Ama. Tanging ako, si Keigan at Uncle Kier lang ang nakaka-intindi sa kaniya sa panig namin.

Its better to follows what he want. I have no plan on telling the Elders what our conversation is about anyway.

**"Anong sinasabi mo?"** I ask back.

**"Alam kong may mga iniwan sayo si Serina. Ngayon sabihin mo sakin kung anong laman ng mga yon."**

**"Keifer!"** It's the Eldest. **"What is he saying? Tell it to us!"**

Magsasalita na sana ako pero si Kier na ang gumawa para sakin.

**"Let them talk. Keifer will tell it to us later."**

Binalik ko ang atensyon sa kaharap ko. Hindi ko maintindihan kung anong gusto niyang malaman.

**"Laman non ang mga katarantaduhan mo."** I said straightforward.

He shook his head. **"Eh ang katarantaduhan niya? Sinabi ba niya sayo?"**

I didn't say a thing. Alam ba niyang may mga pinapatay si Mom? Alam din ba niya ang tungkol sa planong ginawa niya para kay Angelo at sakin? I can't tell anything dahil baka magkamali ako.

**"May mga ginawa siya para sayo pero wala akong paki sa mga yon. Ang gusto kong malaman kung anak ba talaga kita."**

Napatingin ako kay Keigan at Uncle Kier na wala ring clue sa mga sinasabi ng lalaking to. Ano gusto niyang palabasin? Nagtaksil si Mom sa kaniya.

*Bullsh*t!*

**"Baliw ka na talaga."**

He laugh humorless. **"Alam kong Watson ka. Kita naman mula pagkasilang mo. Pero ang malaking pala-isipan sakin, sino samin ang Tatay mo!"** He raised his voice.

He's obviously loosing his patience. Ako din malapit ng mapikon sa kaniya at sa mga sinasabi niya.

**"Hindi gagawin ni Mom ang sinasabi mo. Nasa last will na dapat panganay mo—."**

**"Alam ko ang bagay na yan! Pero masyadong matalino ang Nanay mo. Hindi siya papayag magpalamang."**

**"HOW CAN YOU SAY SUCH THING?"**

Hindi ko na napigilan ang galit ko. Naramdaman ko ang paghawak sakin ni Keigan at ang pagpipigil sa kung ano mang magawa ko.

Narinig ko din ang mahinang bulungan ng mga Elders. Malamang na gumagawa na sila ng conclusion kung anong pinag-uusapan namin.

**"Matapos ang ginawa mo kay Mom, may gana ka pang paghinalaan siya ngayon."** I added.

**"I have the right to."** He said calmly.

For the first time I saw pain through his eyes. But it was immediately turn cold.

**"I fall in love with her from the first time I saw her. Alam kong hindi niya ko gusto pero umasa ako na inabot ng ilang taon."** He bitterly smirked. **"Tapos malalaman ko na may mga ginagawa siya habang nakatalikod ako. Hinayaan ko siya, naghintay pa rin hanggang sa mapagod na ko."** His eyes turn deadly. **"Naging tama ang hinala ko ng dumating ang abogado sa araw ng libing niya. Planado nila ang lahat para mapunta ang mana sayo."**

**"Because you don't deserve it."**

**"I deserve those money. I work hard for this family. But this Elders and your grandfather never gave me a chance to prove that I'm worth to have it. And they use your Mom, the woman that I loved the most."**

**"You will never be worth for that money."** The oldest interrupt.

Dad turn to him. **"Same with you."**

Lalapit na sana ang pinaka-matanda sa kaniya pero humarang ang isa sa kapatid niya. Hinarap ulit ako ng halimaw.

**"Anong totoo?"** He ask again.

**"Kung anong kaharap mo ngayon. Kahit ayokong maging anak mo, yun ang totoo!"**

**"You're too much Keifer. Nahigitan mo pa ko kaya paanong hindi ako maghihinala!"**

**"Ang babaw ng dahilan mo!"**

He laugh bitterly and snap his finger. Sa isang iglap nakatutok na sakin ang baril ni Dylan. Agad kong tinago si Keigan sa likod ko. Kasunod non ang mahigpit niyang paghawak sakin at ang pagkasa ng baril ng mga bodyguard ng Elders.

**"Kung nagsasabi ka ng totoo, ibigay mo sakin ang mga documents na iniwan ni Serina."**

**"Wala akong ibibigay sayo."** I said trying my best to calm down.

But my heart is pounding wild. Hindi pwedeng may masamang mangyari sakin dito. Kailangan ako ng mga kapatid ko, ng mga kaibigan ko at ng babaeng sobrang mahal ko.

Nakipagtitigan sakin si Dad. Isang pagkakamali ang kumurap sa harap niya. Ilang minuto din naming ginawa yon hanggang sa sumuko siya.

**"Kapag nalaman kong totoo ang hinala ko. I will fvck your mother's corpse."** He said that makes me snap.

Namalayan ko nalang ang pagpapalitan namin ng suntok. Sunod-sunod ang pagtawag sa pangalan ko ng kung sino. My fist reach his face multiple times. Wala pa sana akong balak tumigil pero dalawang braso ang yumakap sakin at buong lakas akong ibinalibag.

Napasigaw ako ng unang tumama ang siko ko sa sahig. Agad akong nilapitan ni Keigan at Uncle Kier.

**"You son of a b*tch!"** The monster shout while trying to stand up.

I did the same while Keigan helps me. My elbow is still in pain and it's giving me trouble to move my arm and hand.

**"Don't you dare disrespect her. She died because of you!"**

He wipe the blood from the side of his lips. **"She died because she choose to die. I can save her! But she choose to leave us than to be with me!"**

**"Because you're a monster and she loathed you!"** I shouted while pointing my fingers at him.

He stops for a while before pulling himself together. Tinignan niya kaming lahat.

**"I will find out the truth Keifer, I will."** His final words and turn his back.

Sumunod ang mga tauhan niya sa kaniya. Pagsara ng pinto, agad na kumilos ang mga bodyguard ng Elders. Nagtawag din sila ng medics na tutulong sakin.

Hindi ko na naitago ang sakit na nararamdaman ko. Alam kong hindi pa ko nabalian. Pwedeng minor injury lang pero nanunuot ang sakit non hanggang kalamnan.

Dinala nila ko sa isang kwarto at pinaupo ako sa dulo ng malaking kama.

**"Tell us everything Keifer, what did you talk about with him?"** The oldest command.

Maingay ang tungkod niyang tumatama sa sahig ng kwarto. As usual kasunod na naman niya ang mga kapatid niya.

**"Nothing that you know."** I answered.

Pumasok ang medics na tinawag nila kaya napilitan ang mga Elders na tumabi muna. Sinuri niya ang siko ko at nilagyan ng bandages as the first aid. Pero kailangan ko pa ring magpa-X-ray.

Pag-alis ng medics nagsimula na silang kulitin ako. Wala naman akong ibang binigay na sagot kundi puro tungkol sa mana. Sinabi ko din na may mga additional information na iniwan si Mom na hinahanap niya.

Alam kong hindi naniniwala ang mga Elders sa sinabi ko pero wala silang magagawa kung ayaw kong magsalita. Napilitan silang iwan kami sa kwarto.

Agad kaming nagpalitan ng tingin ni Uncle Kier at Keigan ng mawala sila. Alam kong meron kaming dapat na pag-usapan. May ilang minuto din kaming nabalot ng katahimikan bago ako magtanong.

**"What does he mean?"** I ask and they both look at me. **"I know you heard him."**

Keigan shook his head. While Uncle Kier remained in silence.

I turn to him. **"Uncle, please."**

**"I'm sorry Keifer, I don't know anything about what he's asking you. But I'm aware that your mother has a disease."** Uncle explained.

Pareho kami ni Keigan na tumingin sa kaniya.

**"W-what kind of disease?"** My brother ask.

**"She never mentioned."**

Pareho kami ni Keigan na bumagsak ang balikat. May mga bagay pa rin kaming hindi alam. How will we fight back if we still have a missing piece?

Pilit kong binalikan ang mga iniwan sakin ni Mom. But there's nothing about her having a disease or about me being not a real son of that monster.

**"W-what if he's t-telling the truth?"** Keigan suddenly ask.

Uncle and I both disagreed. Hindi yon gagawin ni Mom. She's smart and she knew that if she do such thing it will affect the plan in the future.

**"That is none sense."** Uncle said with authority.

**"Just a w-what if. It means I-im his first born child."** He said anxiously. His hands start to grab his hair. **"N-no! I can't! I don't want to!"**

Agad ko siyang nilapitan pero umatras siya palayo sakin. He's having an anxiety attack. I need to calm him before he do things that will harm himself.

**"It m-means, I'm the h-heir—No! I don't w-want to be—."**

**"Keigan! Ako ang panganay!"** I shout at him.

Pero hindi niya ko pinapansin. Panay ang lakad niya at sabunot sa sarili. I tried to grab him but using only one hand is not helping.

**"H-he will kidnap m-me again! He will force m-me to do t-things! I-i don't want to r-rape woman! I d-don't want to k-kill!"** He said while looking down.

*Rape and kill?*

**"Keigan!"** I called him and tried to grab him again. **"Did he force you to kill someone?"**

Lumayo na naman siya sakin. Nabangga na niya ang isang table na may nakapatong na flower vase. It hits the floor and created a loud noise before shuttering into pieces.

Lumayo siya sa nabasag na vase at bigla nalang umiyak. Sinimulan niyang saktan ang sarili.

**"Keigan!"** It was Uncle Kier.

**"I deserve this! I'm a failure!"** He slap his face while crying. **"Keigan is not like Keifer! He's useless! He's no use! Keigan is nothing!"**

I lost for a second while staring at him. I can't believe I'm hearing this words from him. Ito ba ang sinasabi sa kaniya o ang mga naririnig niya?

**"Keifer! Stop your brother!"** It was Uncle Kier that put me back in my senses.

I run and grab Keigan but he moves away. I have no choice but to hug him tight. My left hand is giving me trouble to hold him.

Patuloy pa rin siya sa pag-wawala hanggang sa mahigpit niyang hinawakan ang braso ko na may bandage. The crucial pain makes me shout.

**"K-KEIGAN! STOP!"**

**"Keigan is useless! Keigan deserves nothing!"** He repeatedly shouts.

Napilitan akong bitawan siya dahil sa sakit ng pagkakahawak niya. Agad siyang kumawala sakin at lumayo. Bumagsak ako sa sahig dahil sa panlalambot.

Keigan is about to hit himself again when Uncle Kier slap him. Sa lakas ng pagkaka-sampal sa kaniya bumagsak siya sa sahig.

**"U-uncle!"**

**"He needs to wake up!"** Uncle said and I help myself to stand up.

Nilapitan ko ang kapatid ko. At ganun nalang ang gulat ko ng makita kong may dugo ang braso niya. Nasugatan siya sa mga bubog ng vase na nabasag kanina. He's not moving and staring to nowhere.

**"Keigan, let me help you."** I said as I help him using my one hand.

Tumayo siya pero wala pa ring reaksyon. Wala ring buhay ang mga mata niya. Pinaupo ko siya sa kama at naghanap ng pwedeng ibalot sa braso niya.

Until Uncle handed me his handkerchief. He look at me and my arm. Mukang alam niya na mahihirapan akong itali yon sa braso ni Keigan kaya siya na ang gumawa.

**"I already called my butler and ask him to call an ambulance."** He said after helping Keigan.

He looks at me and my brother. I look down because of disappointment. He will definitely ask me questions that I don't even know the answer.

**"I'll leave you here."** He said and walk out of the door.

When I heard the door close I sit on the other side of the bed. Keigan is sniffing and he's probably back on his normal state.

**"I-i'm sorry Kuya, I got scared."** He said in a low voice.

**"Did you kill someone?"** I ask trying not to accuse him.

He still haven't tell me what happened to him when that Monster took him away. I doubt that he will answer me or share anything. But for some reason he starts to open up.

**"He ask me to, but I didn't do it so he hit me until he feel satisfied."**

My fist clenched. Alam kong may ginawa siya sa kapatid ko pero hindi ko inaasahan na pipilitin niya si Keigan na maging kagaya niya.

*A monster.*

**"He also rape woman in front of me."** He starts to cry again. **"I remembered how they cried and beg for help."** Agad ko siyang nilapitan at niyakap. **"...but I can't do anything."**

I let him cry like how he cried before. My brother needs help. He need it more than I do.

**"I'm sorry for not being there."**

Bigla nalang siyang humiwalay sa yakap ko. Pinunasan niya ang mga luha at ilang beses na huminga ng malalim.

**"Listen to me Kuya, I-i have something to tell you."** He said as if he's in a hurry.

Tinignan ko siya at hinintay ang sasabihin niya. Halata ang pag-aalinlangan niya.

**"T-there is—inside m-me."** He's having trouble speaking. **"I-i—!"** Lost with words he starts to panic. **"S-some—h-here!"** He point out his chest.

**"I don't understand. Please calm down."**

**"A-another—Keigan! H-here!"**

*Damn it!*

Agad akong lumapit sa kaniya pero nakita ko ang mabilisang pagbabago ng expression at mga mata niya.

Isang malakas na pagtulak ang ginawa niya. Malakas na tumama ang ulo ko sa kung saan at kasunod non ang pagbagsak ko.

**"K-keigan."** I called him.

My vision slowly blurred and turn dark. All I know and remembered is, it was a different Keigan who push me.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 299

**A/N:** pasensya na wrong grammar at spelling.

**Invited**

***Keifer's POV***

My left arm are covered with bandage while my right hand is inserted with IV cannula. I watch the fluid dripped down from the bag.

It's been an hour since I woke up but I still haven't heard anything from the doctor. I look at Honey whose obviously enjoying texting someone.

**"Have you heard anything from the Doctor?"** I ask her.

She looks at me annoyed. **"You just ask the same question, 12 minutes ago."**

Bumangon ako mula sa pagkakahiga. I look around and see nothing but the white curtain that divided my bed to the others.

Tinanggal ko ang tape na nakabalot sa cannula. May laya pa rin naman ang mga daliri ko sa kaliwang kamay. Nataranta si Honey ng makita ang ginagawa ko.

**"Stop it you dimwit!"** She said and slapped my hand.

Napangiwi ako ng kumirot ang siko ko dahil sa lakas ng pagkakahampas niya. I look at her deadly.

**"Wait for your Doctor!"** She added.

**"I need to see Keigan."** I said sounds like a plead.

Huminga ng malalim si Honey. **"Wait for me here. I'll look for that Doctor."**

I smiled shortly. Hinawi niya ang kurtina at umalis para gawin ang balak niya. But I never said anything about staying here.

Tinuloy ko ang balak at tinanggal ang cannula mula sa kamay ko. Napadaing ako ng hugutin ko yon at magkalat ng kaunting dugo. Pinunas ko lang yon sa damit ko.

Mabilis akong tumayo at naglakad para hanapin si Keigan. Pinaliwanag sakin ni Honey, natagpuan din siyang walang malay sa tabi ko. Ang pinag-kaiba lang namin, mataas ang lagnat niya at mababa rin ang blood pressure niya. Kaya naman in-admit siya para masigurong magiging okay siya.

Okay naman lahat ng test sakin, including the X-rays, CT Scan and MRI Scan. Go signal nalang ng doctor ang hinihintay.

Dumiretso ako sa pinaka-malapit na Nurse Station para mapabilis ang paghahanap ko.

**"I'm looking for my brother's room. His name is Keigan Watson."** I said to the first person I saw at the station.

**"Room 0413, third floor."** Mabilis na sagot ng nurse matapos maghanap sa computer.

**"Thank you."** I said and run to nearest elevator.

Naabutan ko ang isa na nakabukas kaya mabilis akong nakapasok. Agad kong pinindot ang number 3 sa floor buttons. It feels like internity while waiting for the door the floor.

Gusto ko ng makita ang kapatid ko. I want to make sure that he's alright. He just admit to me that something is happening inside him. I'm scared to admit to myself, but now I know. He could be suffering with mental illness.

Bumukas ang pinto ng elevator at halos lumipad ako mahanap ko lang ang kwarto niya. And I found it in just a few seconds.

Kakatok na sana ako ng mapansin kong bahagyang naka-awang ang pinto ng kwarto. I can see my brother inside. He's awake and he looks like he is talking to someone.

Dahan-dahan kong tinulak ang pinto at pumasok ng hindi nagpaparamdam sa kaniya. I started to see it clearly. He is talking but not to someone.

*He is talking to himself.*

**"You hurt my Kuya."** Keigan sounds worried and angry but there's a hint of shakeness on his tone.

Sabunot ang sariling buhok tumingala siya.

**"Putang*na! Kasalanan mo! Madaldal ka kasi."** His tone is different in a way that I almost think he's a different person. **"Magsusumbong ka sa bobo mong kapatid. Ipapakulong tayo non sa mental."**

He let go of his hair. **"I deserve to be in an institute."**

Its like I'm watching two different person arguing to each other. But there's only one person in front of me and he's having an argument to himself.

**"Gusto mo bang gisingin ko siya? Tanga ka! Siya nalang kausapin mo."**

**"N-no! Don't let him come out."**

**"Takot ka no? Siya nalang magiging Keigan, tutal duwag ka naman."**

Seeing him like this is melting my knees. Huli ko na napansin na napaluha na pala ako pero wala akong balak pigilan yon. I cried silently while watching him.

This is painful. My brother have a problem yet I keep putting it aside. But now here it is in front of me. No more denying, no more avoiding and no more lying to myself.

Kasalanan ko to! I shouldn't let him stayed with that monster. This is exactly what he's trying to say to me. I don't now why he can't tell it to me earlier but I know he did his best.

Alam kong masasaktan siya kapag nalaman niyang alam ko na ang totoo. I don't want to add burden to what his going through right now. Umatras ako para iwan siya pero bigla nalang may kumatok sa pinto. My heart pounded so fast. I thought he will find out. It's a good thing Keigan didn't look at the door way. He just shut his mouth and pretend that nothing happened.

Tuloy-tuloy na pumasok ang Nurse palapit sa kaniya. Pinili ko nalang na hindi gumalaw sa kinatatayuan ko. I watch how the nurse get his vitals and take down notes.

My brother looks so innocent for this cruel world. Hindi ko maintindihan kung bakit pati siya kailangang magdusa.

I was too busy thinking that I didn't notice the nurse leaving the room.

**"Kuya?"** Keigan called me that wake up my senses. **"Okay ka na ba?"**

I simply wipe my face and nose. **"Y-yeah. I'm okay now."**

He look down. **"K-kanina—."**

**"Oo nga pala. Anong nangyari kanina? I don't remember a thing."**

I have to pretend because I don't want him to feel guilty. He didn't mean to do that and it wasn't him anyway, it was someone else inside him.

He looks at me amaze. **"Nag—nag-uusap tayo, then—."**

**"Keifer!"** It was Honey who cut him. **"Seriously?! Ano to?! Hide and seek?!"**

Tulog-tuloy siyang pumasok at nag-cross arm sa harap ko. If I don't feel gloom right now, I will definitely roll my eyes.

**"Siniguro ko lang na okay ang kapatid ko."**

**"You fooled me!"**

**"Honey, please. Not now."** I sound restless.

Mabuti naman ang nakuha agad niya na hindi ako nagbibiro. Hinarap ko ulit ang kapatid ko.

**"Maybe, let's talk about it some other times."** He said and force a smile.

**"Yeah, I understand. You should rest, I'll comeback here after talking to the Doctor."**

**"Or maybe not. It's better if you go home after."** He force a smile. **"It's your birthday, you still have a party to attend tonight."**

**"I don't think I can still attend—."**

**"You have to."** He cut me. **"A lot of people will be there. They will expect the celebrant."**

**"Keigan."** I can't help but to get worried.

He genuinely smile. **"I'll be okay Kuya."**

My head nodded shortly at him. I turn and face Honey whose currently raising an eyebrow at me.

**"Where can I find that doctor?"**

**"Follow me."** He said and walk away.

Isang beses ko pang tinignan ang kapatid ko bago tuluyan siyang iwan. Nakita ko padating ang ilan sa mga bodyguard. They slightly bowed their head and greet me.

Nagpatuloy ako sa pagsunod kay Honey. Dinala niya ko sa office ng doctor na nag-asikaso sakin. Hindi rin kami nagtagal at dumiretso na pauwi.

Nagpahinga ako sandali pero kinailangan ko ding magbihis agad para sa party mamaya. Unlike na party last night it will start earlier.

Nahirapan akong magbihis dahil sa bandage ko pero nairaos ko naman. Kasalukuyan kong inaayos ang tie ko ng pumasok si Honey sa kwarto ko.

**"Where's your manners Honey?"** I ask her.

She rolled her eyes. **"I set it aside, since your *fiancée* is here."**

Napabuntong hininga ako. Hindi pa ko nakaka-recover sa mga nangyari. I preferred having a silent celebration for this night.

**"Lalabas na ko."** I said and she walk out of my room.

Tinignan ko sandali ang secret phone ko bago tuluyang lumabas. Kagaya nga ng sinabi ni Honey, Ion is here and obviously waiting for me.

Napaka-simple ng suot niyang dress pero dahil sa puti at haba ng legs niya nagmumuka siyang elegante. Tumayo siya ng makita ako at agad lumapit sakin.

Hinawakan niya ang braso ko na may bandage. **"They should've put a cast."**

**"It's not a broken bone."**

**"But still—."**

**"They should put a cast in your face."** Honey said and walk away.

Ion obviously doesn't care about what Honey said to her. Mas pinagtuunan lang niya ng pansin ang necktie kong wala sa ayos.

**"Let me."** She said and fix it.

She seems concentrate on what she's doing. Hinayaan ko siyang tapusin ang ginagawa. Nang matapos ngumiti siya sakin pero kitang-kita ko ang pangamba sa mga mata niya.

*You should be, after this night.*

**"Lets leave!"** It was Honey shouting from the outside.

Naglakad na ko palabas at agad naman siyang sumunod sakin. Naging tahimik kaming lahat hanggang sa byahe papunta Watson Mansion.

Sa parehong venue ang celebration. But unlike before, none relatives can attend the party. Wala nga lang ang mga kapatid ko para samahan ako.

Pagdating sa mansion, mas marami ang nakaparadang kotse sa labas. Marami din akong nakikitang pumapasok. Mostly where wearing casual dress or semi formal.

Pagbaba namin nakita ko agad ang ilan sa mga pinsan kong pinakilala sakin dati. Nga anak sa labas o hindi kinikilala ng main family.

Malakas ang music mula sa hall hindi kagaya kagabi na puro classical instruments lang ang tugtog. Dumiretso kami don at ganun nalang ang gulat namin sa dami ng tao. Mas maingay kumpara kagabi.

**"Ladies and gentlemen!"** Someone speaks on the microphone. **"The celebrant is here!"**

Agad na nagtinginan sakin ang mga tao at nagpalakpakan. Unlike before they all smile at me as if they're really happy to see me.

**"Since you are here! Let's start the party!"**

Lumakas ang music at nagkaroon ng mini disco sa gitna. People are greeting me with genuine smile.

Naramdaman ko ang paghawak ni Ion sa braso ko. Hindi rin siguro niya inaasahan ang ganito karaming tao.

**"So it's true, you got hurt."** It was Hazel.

**"Blame that monster."**

**"You mean yourself."** She sarcastically said while raising a brow.

I look her intently. But it was Ion who change the tension.

**"Hi Hazel. Congratulations, you did a great job organizing this party."** She said and Hazel look at her sweetly.

**"Thank you. Finally, someone appreciate my hardwork."**

Pinili kong iwan sila ng hindi pinuputol ang pag-uusap nila. I roam around to look for a familiar person.

**"So, hows the celebrant?"** It was Schnee suddenly jump in front of me.

Amoy na amoy ko ang sigarilyo niya. **"You smell shit."**

Inamoy niya ang sarili. **"That's not shit! That's the smell of handsomeness."**

I shook my head. **"I don't remember inviting you."**

**"It's your family who invited my family."**

*He's stoned.*

Hindi ako makapaniwala na ka-member ni Angelo ang ugok na to. Pinili kong talikuran siya at mag-ikot-ikot pa. Nakita ko ang ilan sa mga pinsan kong nakilala ko pagdating dito. They seems to enjoy the party. Except for the Elders.

Hindi ako makapaniwala na nagpunta pa sila dito. Masama ang tingin nila sa mga pinsan kong hindi rin kinikilala ng main family.

But I'm hoping to see someone.

*Angelo.*

At mukang hindi ko na kailangang maghintay. Humina ang music at lumakas ang bulong-bulungan. I look ay the same direction they are all looking at.

Slowly walking in the middle with his one hand inside his pocket. Having a very cold expression while looking at me. And this moment prove that he could really past to be a Watson.

His gesture and expression are all the same traits as what I have. No wonder he fooled to many people that he can be a Watson.

"*Is that him?*"

"*He does look like a Watson.*"

"*Geez, he's a hottie.*"

I heard them said but my attention is not on them. Ion is with Hazel and I know she's looking at him right now.

*Now tell me if you still want to marry me.*

**"Seriously Keifer?"** Angelo said while looking at my arm.

He stops few feet away from me. I look around to see everybody watching us.

**"Where's my gift?"** I ask.

He raised a brow. **"Is it required?"**

**"Yes, and I preferred Jay-jay as your gift."**

**"How about a coffin for your funeral."** He answered and immediately raised his middle finger.

I laugh humorless. Bago pa man ako makasagot sa kaniya naramdaman ko na ang paglapit ng mga Elders sa kinatatayuan ko.

**"Keifer."** The eldest said before looking at Angelo.

I can see the glimpse of excitement through her eyes.

*Yan na ang pinag-hihinalaan nyong apo!*

**"This is Angelo Fernandez. The cousin of my beloved woman."** I said and I already know that he's plotting my assassination in his head.

Inilahad ng Eldest ang kamay niya kay Angelo. **"I am Maveric Watson, Keifer's grandfather."**

Tinanggap yon ni Angelo pero wala siyang naging kibo. Other Elders also introduced themselves to him. I watch them talk to him for a short moment.

**"Nice to meet you all."** That's his answer after all the greetings and introduction.

**"Would you like to have a sit? I have lots of thing to ask you."** The Eldest ask but Angelo shook his head.

**"Thanks, but I have something to discuss with Keifer."** He said while looking at me.

**"If you'll excuse us, we'll get back sooner."** I said and walk away.

Angelo walks after me. Lumabas kami ng hall at pumasok sa isa sa mga private room. Sinara niya ang pinto pero pareho kaming naging tahimik.

**"What would you like to discuss?"** I ask and look outside the window.

**"First things first."** Sabi niya at nakarinig ako ng kasa ng baril.

Agad akong humarap sa kaniya. Hindi nga ako nagkamali dahil nakatutok na sakin ang baril niya.

**"Happy Birthday, assh*le."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 300

**A/N:** Sama ng pakiramdam ko. Yung grammar, pagpasensyahan nyo na.

I hope you enjoy!

Happy Birthday sayo! Basta Happy Birthday kung sino ka man na may Birthday ngayon.

😆😆😁

**Gift**

***Keifer's POV***

I dare not to move. Angelo's gun is pointing directly to my head.

*Is he planning to kill me?*

**"W-what's with the gun?"** I tried my best to calm down but my voice is fvcking shaking.

He smirked at me. **"You look so funny Keifer."**

**"Put that thing down, this ain't funny."** I point his gun down.

Unti-unti niyang binaba ang baril pero itinaas niya ulit yon. I step back that makes him laugh so hard.

**"I can do this all day."** He said.

**"What the hell is this all about?!"**

He smiled wickedly. **"Testing you. Part of initiation."**

Tuluyan na niyang binaba ang baril at binalik sa loob ng tuxedo niya. Siniksik niya yon sa tagiliran niya kung nasaan ang holster. He smirks when he turn back at me.

I'm sweating bullets after what he did. Yes, I'm familiar with guns but this is Angelo in front of me. Bukod sa may galit siya sakin, isinusumpa lang naman niya ako.

**"Congratulations, you past my first initiation. You didn't surrender."**

*How will I surrender, when all I want is to kick his balls.*

**"Seriously? That's how you do initiation?"**

He raised a brow. **"Do you want hazing? I am more than willing to paddle your face."**

My forehead crease. **"Is this what our discussion are all about?"**

He turn serious before shaking his head. **"The group is in a hurry to recruit you. Now that you're 18, they keep calling and asking me about your initiation."**

Meron siyang kinuha sa bulsa ng coat niya. A folded piece of paper. Inabot niya sakin yon na tinitigan ko lang ng ilang minuto.

**"Relax, this is just a paper."**

I see glimpse of happiness through his face. Gusto kong paliparin ang kamao ko papunta sa muka niya. Enjoy na enjoy niya ang pang-aasar sakin.

Kinuha ko ang papel at binuksan. It's an application form for the group. Tinitigan ko ang symbol sa itaas ng papel.

*I saw this before.*

Ito siguro ang nagmimistulang pagkaka-kilanlan ng grupo nila. Nakakapagtakang may sagot na ang form. Mula sa pangalan, sa details ng personal na buhay ko at pati ang area na sinasabi niyang ilalagay ko ang pangalan ni Jay-jay.

**"Signature please."** He said while handling me a sign pen.

Kinuha ko yon at walang pag-aalinlangan na pinirmahan ang form. Binalik ko sa kaniya pareho ang mga inabot niya.

Tinignan niya ang papel bago itupi ulit yon at ibalik sa bulsa. Naalala ko na meron pa nga pala kaming dapat pag-usapan.

**"Now, I believe you have something for me."** He said.

**"The last will of your Dad."**

He purse his lips before nodding. **"I've been longing to have it."**

**"Tell me, bakit ka pumayag sa gusto ni Mom?"**

He smirked. **"So, you knew."**

**"I just found out."**

**"Katangahan ang ginawa kong pagpayag sa gusto niya. But I have my personal reason."**

Maybe he doesn't know what my Mom did to his Dad. Mas gusto kong wag na niyang malaman ang bagay na yon.

**"Makukuha mo yon pagkatapos ng party. I'll add my supporting documents para makuha mo yon ng walang problema. You're not name after him. You're not a Watson."**

He paused for a while before touching his lips using his index finger.

**"I'm just thinking, what would happen if I tell everyone here..."** He smirked at me. **"...that I'm a real Watson, and I'm your older brother."**

I laughed from what he said. Angelo is really impossible sometimes.

**"You could try. Trust me, they will definitely be glad to hear that."**

He shook his head. **"Naah... I won't take the risk. I'm not interested with your money. I have my own."**

I simply nodded. Tinignan niya ang oras mula sa wristwatch niya.

**"I only have limited time here. I need to get back home as soon as possible."** He said before getting his phone. **"I have a task for you. Part of your initiation."**

**"Bring it on."**

**"Find her. Find Janine Ion Borromeo."** He said with soft features. **"And tell her that I forgive her. She no longer needs to hide."**

Why do I have this feeling that he's bidding goodbyes? I know that he knew that Ion is with me. His task is not really a task but more like a favor.

**"I will."**

**"Thank you."** I saw pain from his eyes but he turn around immediately before I could confirm it. **"Now, help me find Schnee."**

Binuksan niya ang pinto at lumabas. Naiwan akong nakatingin sa kaniya.

Ion is a very kind woman. She deserves to be happy and I know she's doing this engagement for a reason. Alam ko naman gusto na rin niyang makita si Angelo. Pero baka hindi niya kayanin kapag nalaman niyang tinatapos na ni Angelo ang lahat sa kanila.

*This could be her last chance.*

Agad akong lumabas para sundan si Angelo. Tinapik ko siya sa balikat at sinabayan sa paglalakad.

**"Stay here for a while. I want to show you something."** I said but I didn't wait for his answer.

Agad kong hinanap si Ion. Pinuntahan ko ang parehong lugar kung saan ko sila iniwan kanina. I saw Hazel but no Ion besides her. I look around hoping that I'll see her.

Nakita ko si Honey na parang may sinusundan ng tingin. Agad ko siyang nilapitan.

**"Have you seen Ion?"**

She pointed her fingers through the kitchen door. Same area that she's looking at before.

Agad akong lumakad papunta doon. Kitchen is busy for the whole night. Mukang walang nakapansin ng pagpasok ng ibang tao. I tried to look around. Masyadong malaki ang kusina hanggang sa narating ko ang area malapit sa fire exit. Walang masyadong tao sa parte na yon.

Ion is standing while resting his back at the wall. She's crying while trying her best to calm down.

**"Ion."** I called her.

She looks at me and shook her head. She signal her hand for me to hide behind the post. My forehead crease but I sill followed her. She also told me to be in silent.

Few minutes after and I heard running footsteps toward her. A man wearing a waiter uniform immediately hug her.

*Rafael*

**"Are you okay? Calm down. He's here. Everything is according to plan. You just need to show up with Keifer."** He said while helping her to calm down.

**"N-no. I can't do this anymore."** She said while pushing Rafael. **"Keifer is just a kid. Wag na natin siyang idamay dito."**

He holds her face. **"Siya nalang pag-asa natin para makauwi ng Pilipinas. Your parents needs you. Walang-wala na ko Ion and someone is waiting for me. Please."** He is begging.

**"I'm so sorry. I can't. Hindi ko pa kayang harapin si Angelo. After all what I've done to him."**

Binitiwan siya ni Rafael. I saw frustration from his eyes. He pulled his hair and rub his face.

**"Ganito nalang tayo? Hahayaan nalang natin sa kulungan ang parents mo? Ako? Paano ako? Hinihintay ako ng babaeng mahal ko."** He said and punch the wall beside him.

**"Keifer deserves better. Wag natin siyang gamitin sa personal na problema natin. My parents made a mistake if they deserve to be in jail so be it. At ikaw, kailangan mo ng magpakita sa kapatid mo."**

**"Paano ang usapan natin sa kapatid niya?"**

*Keigan?*

Ion shook her head. **"He is just a kid. I don't understand why are you letting him manipulate you."**

**"I'm desperate."**

**"So am I. But I don't want to do this. I never agreed to this. And Keifer has his own battle to fight with. I'm sorry if I can't help you."**

So this is what it's all about. Keigan wants to get rid of Jay-jay in my life and he use Ion to fulfill his plan. Since Rafael and Ion needs help my brother take advantage of that.

*Why do I feel fvcked up?*

My brother is manipulating everything. I don't understand why he's doing this but I feel pain in my chest.

I step out behind the post. **"I knew it, you guys are up to something."**

Agad na tumingin sakin si Rafael. Ion wipe her tears and look away.

**"K-keifer."**

I step forward. **"You've change."**

**"Look, I'm sorry. I didn't mean to. I'm just desperate—."**

**"I heard it all. We'll talk about it later. For now, I think Ion needs to come out."**

She looks at me confuse. **"W-why? Does he know?"**

**"I'm not sure. But he told me to tell you that you no longer needs to hide. He forgive you."**

There's a pain through her eyes. She knew Angelo is saying goodbye to her. She immediately run. Rafael is about to follow her but I stop him.

**"Stay here. If he sees you, what's left between them will get worst."** I said and he nodded.

Ako ang sumunod kay Ion. I ran as fast as I can. Naabutan ko siya ng meron siyang mabunggong waiter paglabas ng pinto.

People are looking at her. She's a mess and weak. Hinawakan ko siya sa braso at tinulungan siyang tumayo.

**"Where have you been?"** It was Hazel walking toward us. **"You're friend is about to leave."**

Tinignan ko ang nakabukas na pintuan ng hall. I grab Ion's wrist and pulled her. We run as fast as we can but her dress and heels are giving her trouble. May ilang beses siyang muntik ng madapa.

Nakalabas na kami ng mansyon ng bitiwan ko siya. Napaluhod nalang siya ng makita ang paalis na kotse ni Angelo.

**"I'm so sorry."** She said and cry. **"I shouldn't run away from you."**

I can't do anything but watch her misery. Gustuhin ko mang tulungan pa siya mas mabuti kung hindi na. Sapat na ang ginawa kong pakiki-alam sa kanila. It's their own faith and destiny.

My secret phone vibrates. I took it out of my pocket to see a text message from him.

**From:** *Demon*
**Message:** *I forgive her but I just realize that I'm not ready to face her.*

I smirked before putting back my phone in my pocket. Kinuha ko ang panyo mula sa kabilang bulsa ko. I half kneeled and handed the handkerchief to Ion.

**"I don't think he really can say goodbye to you."**

Tinanggap niya ang panyo. Hinubad ang coat ko at binalot yon sa kaniya.

**"You don't know him."**

**"But you don't know how his feelings work."** I said and help her stand.

Nakatingin pa rin siya sa direksyong dinaanan ng kotse ni Angelo. Maybe not now but in the near future they'll have their chance and it's up to them if they will continue what they started before.

Naakbay ako sa kaniya habang inaalalayan siyang pumasok. Hinatid ko siya sa isa sa mga guest room ng mansyon.

**"Rest. I will look for Rafael."** I said and left him but closing the door she called me.

**"I'm sorry... I'm really sorry."** She said and I heard her subs again.

Sinara ko ang pinto at hinayaan siyang umiyak ng umiyak. Bumalik ako sa hall para hanapin si Rafael pero ang mga Elders ang humarang sakin.

**"Where is he? Where is Angelo?"** The oldest ask.

**"Gone. He needs to be somewhere."** I answered.

He faces his brothers. **"Get in touch with him. I want to know him better."**

*You're just wasting your time.*

Hinayaan ko na sila at bumalik sa paghahanap. I look for him in the kitchen but he's not there anymore. Bumalik ako sa hall only to see the party getting wilder.

Hazel is obviously drunk with our other cousins. Honey is ignoring the people around her and continue typing on her phone. I have this feeling that I know the person she's having conversation with.

I look at my watch. It's nearly 12. My birthday is almost done and my life as the heirs is about to start. Napabuntong hininga ako. Ang tunay na laban ko ay magsisimula na.

*But am I strong enough?*

Lumapit ako sa bar area at nanghingi ng alak. I secretly glance at my secret phone. Wala akong kahit na anong message galing sa kaniya. She's probably busy or still sleeping.

Binalik ko ang phone sa bulsa ko bago ubusin ang alak. Pagkatapos ng lahat ng ito, ipaglalaban ko ang babaeng mahal ko kahit buong mundo pa ang kalaban ko.

Bumalik ako sa paghahanap kay Rafael. Lumabas ako ng hall at sa tinagal-tagal ng paghahanap ko nakita ko siyang may kausap sa phone habang nasa tabi ng grand staircase ng mansyon.

Devastation is registered through his face. Binaba niya ang phone while staring at nowhere. I walk closer to him.

**"If you badly wants to go back in the Philippines, I can help you with that."** I said and stop besides him.

He slightly turn his head. **"It's pointless. Angelo will never let me see her. He's getting back to me for helping Ion."**

**"Let's talk about it with Ion."**

I hand signal him to follow me. Dinala ko siya sa kwarto kung saan ko iniwan si Ion. I knocked before opening the door.

**"Rafael."** Ion said with apologetic look.

**"I was wrong. Angelo still found out the truth."** He said and look down. **"And my brother already found me."**

**"So what's your plan?"** I ask while leaning my back at the wall.

They look at each other as if waiting for each other's confirmation to speak.

**"I need a break."** Ion said before looking down to her hands. **"Probably few months of vacation."**

**"How about your residency?"**

**"I'll continue it when I get back."**

I nodded shortly and we both look at Rafael. He purse his lips.

**"No more running."** He said. **"I will talk to my brother now."**

They both decided to stop the plan. Keigan will definitely not like it. Ako na ang bahala sa dalawa na to. Mas mabuting hindi na siya makialam pa sa kanila.

**"I will help you both. Let me whatever you need—."**

**"No Keifer."** It was Ion who stop me. **"We've done so much trouble."**

**"As long as it will not affect the woman I love the most, I will consider it nothing."**

Pareho silang ngumiti habang nakangiti sakin. Napataas ang kilay ko sa inasta nila.

*That's how I wanted to call my Jay-jay.*

**"I'm starting to see Angelo's second version here."** Rafael said and Ion laugh a little.

**"Don't be surprise. Keifer is his apprentice anyway."**

I rolled my eyes. Nagawa pa talaga nilang punahin yon.

We continue our conversation about their plan. They insist to do it without my help but I'm more persistent. In the end Ion will travel in Paris to visit her friends. While Rafael will wait for his brother to pick him up which is no other than—Mr. Moskovoski.

Hindi na ko nagtaka, from the moment we met and ask about Rafael and Angelo. My guts are telling me something suspicious.

After our conversation they decided to go home. They live in the same place. The house where I met Ion again is actually belongs to Rafael's grandmother.

Nakatayo lang ako habang pinagmamasdan ang kotse nilang paalis. I check the time and it was now past 12.

*And here's come the Watson's heir.*

Bumalik ako sa hall kung saan buhay na buhay pa rin ang party. Dire-diretso ako sa mini stage para kuhanin ang mic at magsalita.

Umugong ang matinis na tunog kaya naagaw ang atensyon ng marami. Humina din ang music mula sa mga speaker.

**"Ladies and gentlemen. Thank you for coming to my birthday's final celebration. It's already past 12 and you know what it means?"**

Most of them shook their heads. Hazel raised her fingers.

**"It's the end of the party?"** She ask.

Some of them laughs. I saw the Elders looking at me fiercely.

**"It means, that I'm no longer a kid. I am now a truly heirs of the family. So those whose about to get on my way, be ready to crash."** I look at everybody. **"So If I were you my dear cousins, uncles and aunties."** I look the Elders. **"Grandfathers."** I smirked while enjoying seeing them pissed. **"I'll choose wisely. Be my alliance and help me out or be my enemy and die unpeacefully."**

Binitiwan ko ang mic at bumaba ng mini stage. Lumakad ako sa gitna at naramdaman ko naman ang pagsunod sakin ni Honey.

**"Pa-cool ka pa. Hindi naman bagay."** She commented.

I ignore her and continue walking. Nakalabas na kami ng mansyon. I stop for a while and for some reason I finally breath normally.

No more pressure. No more worries. I am freed to move and I can do everything now.

*For my brothers and for my Jay-jay.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 301

**A/N:** hehe...yung grammar, pagpasensyahan nyo na.

Enjoy!

ARMYLANDIA!!

**Start**

***Keifer's POV***

**"I'm sorry Jay."**

Damn it! Hindi ko man lang masabi ng maayos sa kaniya. Kasalanan to ni Aries. I was caught of guard.

And now I heard her crying again before the call ended. My fist clenched while holding the phone.

**"Sir, Mr. Clyde is waiting for you."** One of the employee said.

I slightly turn my head and answered. **"Give me a minute."**

**"Yes Sir."** He said and I heard his footsteps.

Makabalik lang ako ng Pilipinas, makakatikim sakin ang Aries na yon. Tinawagan niya ko para lang sabihin na wag na ko bumalik.

*Sira ulo ba siya?*

Well the answer is Yes. Sira ulo talaga siya. Ang hindi ko lang maintindihan kung paanong mula sa kaniya ay naging si Jay-jay ang kausap ko. He's probably tricking me.

Tinago ko ang secret phone ko sa bulsa ng coat ko. Inayos ko ang necktie ko bago maglakad pabalik sa conference room.

Clyde is waiting for me while sitting comfortably in his—my swivel chair. Lumapit ako sa kaniya sabay sipa sa swivel chair.

**"Move. That's my chair."**

He glared at me. **"I'm still the CEO, Keifer."**

**"That's my chair."** I repeat.

He frown before standing and moving to another swivel chair. Pinagpag ko sandali ang upuan bago maupo.

Tinignan ko ang nakasibangot na Clyde. Markado pa rin ang muka niya ng mga suntok ko.

**"Enjoy watching my face?"** He sarcastically ask.

**"Nothing enjoyable in your face."**

Inabot niya sakin ang ilang piraso ng papel. Listahan ng mga company sa Asia na pwedeng maging partner o kaya naman magandang mag-invest. I look for a particular one but for some reason the Fer Corp is not on the list.

**"List of the company in Asia. Their portfolio is over there."** He pointed his finger at the end of the long table. **"Since you are now moving forward to your rightful throne, why don't you start with the responsibility."**

**"Fer Corp is not on the list."** I said and look at the list again.

**"What?"** He ask. **"What Fer Corp?"**

**"Fernandez Corporation. Located in the Philippines."**

He raised a brow. **"Why does it sounds so familiar?"**

I put the down the list and shook my head. **"Nevermind. I'll just add it to the list."**

He suddenly frown and look at me with so much grimace. **"Seriously? Don't you dare add a shit on a pile of gold."**

*Isn't he a shit?*

**"It's not on the list because it's not a good company. Simple as that."** He added before resting his back and raising his foot on top of the table.

I rolled my eyes and re-read the list. I know few of the companies. Those with a good grossing in the past few years are the first one that I choose to check the profile.

**"Clyde."** I called him and he looks at me. **"Hand over the portfolios. Thanks."**

**"I beg your pardon."**

**"Forgiven. Hand me the portfolios."** I getsure my hand on the end of the long table.

He chuckled in disbelief. **"Wow."**

Halatang wala siyang balak sumunod kaya naman nakipag-titigan ako sa kaniya. Clyde really has a Watson traits. Mula sa paraan ng pagtitig niya sakin hanggang sa mga kilos niya.

*Yun nga lang wala siyang kwenta.*

**"The portfolios."** I said and he groan as a sign of defeat.

Tumayo siya para kuhanin ang mga portfolio. Makakapal ang mga yon kaya kinailangan pa niyang magpabalik-balik para lang makuha ang lahat. Nang maibaba ang lahat sa harap ko tinignan niya ko habang unti-unting inataas ang gitnang daliri.

Smiled sweetly and raised my middle finger as an answer.

**"Tsk! Wow, you're a one true fvcker."** He sarcastically said to me.

**"Whatever."** I snorted and get the portfolio that I want.

Bumalik siya sa pagkaka-upo sa pwesto niya. He took his phone and start playing games. I can even here the sounds.

I choose to ignore him ang continue reading. Pinaghiwalay ko ang mga portfolio bale sa status ng company sa economy.

Surprisingly, a lot of potential companies are located in the Philippines. Singapore and Korea have the most fast grossing companies in Asia.

Nang matapos sa ginagawa ko, napansin kong nakatulog na pala so Clyde sa pwesto niya. I check the time through my wristwatch. It's already lunch time and I'm still here with my idiot cousin.

*I'm hungry.*

I look for the intercom which accidentally covered by the papers. I ask the receptionist to bring us lunch. Since Clyde is sleeping I choose the food to eat.

Almost half an hour before the food came. Hindi ko na ginising ang kasama ko at kumain nalang mag-isa. Times like this I always think about her.

*Kumain na kaya siya?*

I remember how she eat. She choose no place to show her love with foods. Halos wala akong maalala na pagkaing tinanggihan niyang kainin. And she really have a big appetite. But whats amaze me is her body that doesn't change that much, despite eating to much.

Bigla nalang akong nasamid ng pumasok sa isip ko ang masamang tingin niya sakin.

**"Please tell me your dying."** It was Clyde.

My coughs probably wake him up. Tumayo siya at kinuha ang isang pack ng lunch pati na rin ng bottled water.

I drink mine to remove the irritation from my throat.

**"So you're not dying?"** He ask in flat tone. **"Too bad."**

Halatang lutang at hindi dumadaan sa isip niya ang mga sinasabi. I almost forgot, he don't have a brain so nothing will filter his words and what he said.

Sinimulan niyang kumain kaya hindi hinayaan ko nalang siya. He finish his food right after I finish mine. Kinuha niya ang ilan sa mga listahan at portfolio.

**"Visit them. Do your thing."** He said before throwing the papers towards me. **"Check their offers, whatsoever."**

I took the papers and arrange them properly. I'm about to scold him with his action when I notice that he's already snoring. He fall asleep that fast. Bakit parang puyat na puyat siya?

My secret phone suddenly vibrates. I shortly glance to Clyde before taking it out of my pocket. It was from the least person that I'm expecting to receive a message from.

**From:** *Demon*
**Message:** *Schnee would like to meet you.*

Ano namang kailangan sakin ng isang yon? Then it suddenly come up in my mind. Kasama nga pala siya sa mag-bibigay sakin ng initiation task.

Nireplyn ko si Angelo para itanong kung saan kami magkikita pero hindi na siya sumagot. Minutes past and another message came from unknown number.

It was an address which I think is our meeting place. Hindi na ko nagsayang ng oras. Nag-ayos na ko at iniwan si Clyde na mahimbing pa rin ang tulog. Binilin ko nalang ang mga papers sa secretary niya.

Paglabas ko ng building nag-aabang na sakin ang kotse. Sinabi ko sa sa driver kung saan ang destination ko. Hindi naman yon kalayuan but because of the heavy traffic inabot din kami ng kulang 1hour. Bago ako bumaba ng kotse tinignan ko muna ang piligid.

*Coast is clear.*

Bumaba ako at pumasok sa restaurant. My eye brow raised when I notice that there's no other people inside. It's a restaurant for freaking sake it supposed to have a customer. Pero mukang alam ko na ang dahilan ng kawalan ng tao sa lugar.

Ervin Schnee is silently enjoying his food. Lumapit ako sa kaniya at agad naman siyang ngumiti ng makita. It was a very playful smile.

**"Watson... Have a sit."** He uses the knife pointed at the seat across his.

**"What happened to this place?"** I ask while pulling the chair to sit.

**"I rent the whole place. I don't like noise while having nosh."** He said and swallowed his food.

My nose crinkle because of disgust. He eat like a pig. He did a good job on renting the whole place. People won't like to watch him eat either.

**"What do you want from me?"** Just get to the point.

**"See that jewelry store across the road?"** He uses his knife again to point at the store outside.

Thanks for the big glass window of this restaurant I can see everything outside. It was a vintage style jewelry store but there's nothing on the display window but empty boxes.

**"I think it's out of business."** Is said to Schnee before glancing back at him.

He took his phone out. Hinarap niya sakin yon at isang singsing na may malaking diamond sa gitna at dalawang maliit sa magkabilang tabi ang ipanakita niya.

**"The store owner don't want to sell that ring. He said something about feelings."** He said before taking his phone back.

*Okay, I know what he's up to.*

**"You want me to buy it for you?"**

He grinned like a child. **"Yes, please."**

I rolled my eyes. If this part of the task this is too easy. So, Angelo is telling the truth. There group will definitely take advantage of its new recruit. They will ask me to do things just because they knew I badly wants to belong to them.

**"Okay. Wait here."**

I left him and walk straight to the jewelry store. The bell make noise when I open the wooden door. I almost raised an eye brow when I scan the whole place.

*It's empty.*

There nothing on the cupboards display window. Just empty jewelry boxes.

*Did they got rub? Or bankruptcy?*

**"Leave."** An old voice said. **"I saw you talking to that idiot guy across the road. I won't let him get the ring."**

I turn to look who it was. And old guy with one eye lens. He's busy looking at something on his table behind the counter. I slowly walk toward him.

**"Did you got rub?"** I ask while pointing at the empty cupboards.

He laugh from I what I said. He shook his head while removing the one eye lens from his left eye. He put it inside his chest pocket.

**"You're not from here? So tell—."** He stops when he had a chance to stair at me.

**"Do I have something in my face?"** I ask that makes him look down.

**"I beg your pardon. I thought you are someone that I know."** He arrange few papers on top of his table. **"You're a Watson?"**

**"Yes, I am."**

He nodded shortly. **"That make sense."**

My forehead crease. He obviously know someone from the family that I resembled.

**"Do you know someone from my family? I would guess it's my grandfather since they say I look like him."**

He laugh shortly. **"Certainly."** He finally stops from what he's doing. **"So, how can I help you? I bet you're not here for my *rub jewelry.*"**

He's obviously making fun of my question. I scratch my eyebrow. I didn't mean to ask that.

I notice how he looks at my arm with a bandage. I raised it to shows that it's alright and I can use it normally.

**"It's nothing."**

**"You said so."**

He suddenly put a red cloth on top of the counter. One by one he put a colorful rings on top of it. I saw the ring that Schnee wants me to buy for him.

There's something different from his rings. Yes, it is shining like the other expensive jewelry but I felt something while staring at the rings.

**"I don't use expensive materials, diamond are needs to be order first before I make the ring. If that doesn't answer your question. My store is not rubbed. I do not put them on display because someone like your idiot friend across the road will buy it and put it on waste."** He explained.

Now it make sense. That's why the jewelry boxes are empty. Because he make them customized for someone.

*For my Jasper Jean.*

**"Can you make one for me?"** I ask with joyfulness in my chest.

He stared at me for a while. **"It depends. Can you describe the receiver of the ring?"**

It's not really my intention to buy her a ring. But for some reason I saw her teary eye smile while I'm wearing a ring on her finger. I can't hold my smile.

**"Well she's really different."**

**"All women are different."** He said while giving me a playful look. **"In the eye of their men."**

I laugh shortly. **"I don't think there's a right word to describe her. But I will still try."** I said and he nodded. **"She likes food and she's not ashamed of it. She don't care what other people would say about her. She do what she think is right. Friendship and family is important to her. She's also one of the boys. Would you believe if I tell you that he punched me?"**

He laugh from my question. **"Now described her the way you see her."**

**"I see her as the queen of my empire."** I said whitout any hesitation.

**"And you are her king?"**

**"Yes, but..."** I said that makes him confuse. **"I am willing to leave my throne as long as she's sitting there for me. I can do that to protect her."**

It took me a long time to realize. He doesn't need a king that will sit by her side, she needs a man that will protect her. I will shine my sword but not my armor so that I could fight with honor and not for a show.

**"That's a very dangerous feeling you got their young man."** He said and I notice the notebook his writing at.

His taking notes of what I'm saying. Does he really needs to do that?

**"When is her birthday?"** He ask.

**"May 29."**

**"Oh dear. That's in two months."**

**"I understand if you can't—."**

He shook his head. **"Don't challenge me. I never failed in time."**

I can't hold my smile. My first gift for her birthday. Tinapos namin ang transaction sa pagbabayad ko. He ask for my details so he could contact me.

Binalikan ko ang singsing na gustong gusto ni Schnee. At first he don't want to sell it but in the end I convince him that I will give it back if that guy will give it away for nothing.

Nalaman ko din na para pala yon sa isang customer niya, but eventually he broke up to his girlfriend and never came back to get the ring. I payed it double so he can return the money from that guy.

Lumabas ako ng may kakaibang ngiti. I can't wait to have that ring and give it to Jay. Bumalik ako sa restaurant at binigay ang singsing.

**"Wow, you did it."**

**"Make sure to take care of it."**

He smiled wickedly. **"Of course. Same way I treated my other jewelry collection."**

*Collection?*

**"This is for your collection?"**

**"Yes."** He said and starts to walk out of the restaurant. **"I'll send the money later."**

How unusual. I never heard of a guy collecting jewelry. As far as I know it's a woman thing.

*Jeez. They're all weird.*

Napatingin ako sa labas ng mapansin ko ang paglabas ng driver mula sa kotse. He's talking to someone over the phone. I walked out of the restaurant and stops in front of him.

**"Sir Keigan said your flight is tonight."**

I nodded to him and get inside the car. Sa hotel ang diretso namin. Pagdating don mabilis ang lakad ko papunta sa Elevator.

Keigan and I still haven't talk about the incident. I tried to start the conversation but he quickly change the topic. Obviously avoiding it.

Hindi ko maiwasang hindi isipin ang sitwasyon niya. The scary part is Keiren sees it before. He experience the changes of his older brother. Sana lang hindi niya mahalata na may problema ang Kuya niya.

Mabilis ang lakad ko pagbukas ng elevator. Sa suite namin ako dumiretso kung saan naabutan ko si Keigan na may kausap sa phone.

He turn to me. **"...yes. He's here."** He ended the call and put his phone down. **"It was Clyde. Simulan mo daw kilalananin ang mga company sa list. I book your flight tonight—."**

**"Sasama ka."**

**"What?"** He looks confuse.

**"I need an assistant. Honey obviously have no use because she was too busy with her textmate."**

I have no plan on leaving him here, especially now that I know his situation.

**"I don't think I can help you—."**

**"You already help me. You planned everything for me, remember?"** He nodded shortly. **"Then, help me again. This time as my assistant."**

I saw how his lips form into a smile. **"O-okay. I'll get ready everything."**

Dumiretso siya sa kwarto niya at ganun din ako. Hinanda ko na ang mga gamit na dadalhin ko. Pero hindi lang to byahe pauwi sa Asia.

I'll make sure to see her. To see my future Queen.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 302

**A/N:** Yes! Jay-jay's POV na.
One chapter nlng si Keifer then Jay-jay na. Namiss ko POV niya. Hehehe...

Sorry sa wrong grammar at spelling.

Enjoy!!

Kitakits sa pupunta sa ARMYLANDIA bukas.

**Home**

***Keifer's POV***

**"Goodbye Singapore, goodbye."** Honey said while waiving his hand as if there's someone waiving back at her.

**"Sinong kinakawayan mo?"** Keigan ask her.

**"Wala. Practice lang."** She answered.

Nagpatuloy na siya sa paglalakad pasakay sa private plane. Siya lang talaga ang hinihintay namin.

**"Bakit nga ulit natin siya sinama?"** Keigan ask me.

**"Hindi naman natin siya sinama. Kusa siyang sumama."**

We both shook our heads. Wala naman siyang ibang ginawa kundi ang mamasyal at harapin ang phone niya.

Pagsakay sa private plane, puro tunog ng camera lang naman ang naririnig ko. Honey is taking selfies in different angles.

*I need a drink.*

Pagkaupo ko agad inabot sakin ni Keigan ang mga papers. Napabuntong hininga nalang ako. I can't believe I have to do this. Ang masakit pa nito board members want a report from my trip. I have to explain why we should consider this company's proposal.

**"This is tiring!"** I shouted before putting down the papers.

**"Pwede ka naman mag-rest muna sa sunod na country."** Keigan said and pick up the papers that I almost throw away.

**"Where's the next country is?"** Honey ask.

She's acting like a tourist. Ngayon pa talaga niya naisipang isabay ang pamamasyal samantalang ang dami niyang oras. Hindi kaya siya nag-aaral. After attending 3 semesters in college, she decided to stop. She said she's too smart for her chosen profession.

**"Home."** Keigan answered shortly. **"We're visiting three companies—."**

**"Make it four."**

Both of them turn in silent.

**"Are you planning to add that company?"** Honey ask.

**"I personally send them an email to let them know."** I said and while looking outside the window.

Wala ng nagsalita sa kanila. They both sit and fasten their seatbelts. I did the same before closing my eyes to sleep.

Maybe I should pay my Jay-jay a visit. I badly misses her so much that I'm ready to move the whole Philippines beside London. Or maybe move the whole London beside the Philippines.

*Whichever it is. As long as I can move our country.*

Hindi ko alam kung gaano katagal ang byahe but I woke up when Honey suddenly scream.

**"Nakakainis kang lalaki ka!"** She said and stand up.

My forehead crease when I realize that we already landed. I look for Keigan whose currently reading something from his laptop.

**"What time is it?"** I ask while removing my seatbelt. **"Dapat ginising mo ko."**

**"Ang sarap kasi ng tulog mo. I don't wanna interrupt your peaceful sleep."** He answered without looking at me.

Napatingin ako kay Honey ng pabuksan niya ang pinto at tuloy-tuloy na bumaba ng plane. She's holding her phone on one hand and her expensive bag on the other.

**"Here."** Keigan said and handed his laptop on me. **"Lahat ng data at information Fer Corp na magagamit mo."**

I raised an eye brow but he just smiled at me. **"Obviously, I can't stop you. Kaya tutulungan nalang kita."**

For some reason I feel relief with his decision. I don't want to argue with him anymore, especially now that I know his situation.

*I will talk to his doctor soon after this meetings.*

**"Thank you."** I said and he nodded before getting back to his seat.

Hinarap ko ang laptop niya at binasa lahat ng data ng Fer Corp. I already did a background check before but this data that he found is more useful.

Halos kalahating oras din ang naubos sakin sa pagbabasa. Binalik ko kay Keigan ang laptop pagkatapos at dumiretso sa cr para mag-ayos. Nagpalit din ako ng damit. After getting ready I look at myself in the mirror.

Gusto kong maayos ako pagnagkita kami ni Jay-jay. I also need to control myself. Baka mahalikan ko siya agad kapag nagkita kami. I bit my lips while thinking about her.

Lumabas agad ako matapos ayusin ang necktie ko. Keigan is waiting for me while looking at his wristwatch.

**"Lets go."** I said and he nodded.

Magkasunod kaming bumaba ng eroplano. A service vehicle is already waiting for us. Pagkasakay agad na nagtanong si Keigan sa mga naunang company na pinuntahan namin. I had a little chit-chat about it.

If feel amaze while hearing my brother's opinion. Talagang matalino siya. Kung siya siguro ang naging panganay baka wala siyang naging problema sa lahat ng to.

**"You're not listening."** He said that put back my senses.

**"I am."**

**"What did I said then?"**

**"You're not listening."** I answered and he chuckled.

Tinulungan nalang niya kong pag-aralan ang stats ng Fer Corp. Sa ganong paraan namin ginugol ang buong byahe, until we reach our destination.

*Here we go.*

Someone open the car door for us. I get out of the car followed by Keigan. Pagpasok sa loob ng building nakahilera ang mga empleyado para salabungin kami. And of course, Angelo is present.

**"Welcome to Fernandez Corporation, Mr. Watson."** He said and offer his hand.

I smirked before accepting his hand for a handshake. **"What's with the formality? Mr Fernandez."**

He gripped my hand tightly I almost whimpered in pain. Pero kung magaling siyang magtago ng emosyon ganun din ako. If he doesn't remember, I'm a product of his evil guidance.

**"You look pale. Don't you want to rest for a while?"** He ask still gripping my hand.

**"No. But I would prefer if you could give me some medicine."** I also gripped his hand.

Ngumiti siya sakin. **"Sure."**

**"Thank you. I would like to have a *Jasper Jean*. I know you have one for me."** I said and smile.

Nawala ang ngiti niya at mas lalo pang hinigpitan ang pagkakahawak sa kamay ko.

**"Yes, I have a Jasper Jean, but it's not meant for you."** Binitawan niya ko bago siya huminga ng malalim.

Hinarap niya ang secretary niya at may binulong. Pasimple kong hinawakan ang kamay ko. Mabuti nalang at pinatanggal ko muna ang cast bago mag-travel. I know he will hit my arms when he got a chance.

**"Would you like to have tour?"** He ask me after talking to his secretary.

**"I would like to talk to you. In private."** I said in a serious tone.

He signal his employees and they all scattered. Some get inside the elevator and probably going back to their places. While the others stays at the lobby.

Sinenyasan niya kong sumunod sa kaniya. I followed him and so as Keigan and his secretary. Pumasok kami sa nakabukas na elevator. His secretary press the top floor button.

**"Sir, the conference room is ready to use now."**

Angelo glance to my brother. **"Follow my secretary, he will bring you to conference room."**

Keigan look at me for permission. I nodded shortly as an answer. Bumukas ang elevator at sunod-sunod kaming lumabas. Although Keigan and Angelo's secretary walk to the other side while us on the opposite.

Dumiretso kami sa opisina niya. Huminto kami ilang dipa sa executive table niya.

**"Nahuli niyo na ang kidnapper?"** I ask.

He shook his head. **"No. But Yuri already send someone for investigation."**

**"Bakit hindi ikaw ang nagpadala? Masyadong mabagal ang mga tauhan ni Yuri."**

**"Dahil laban niya to! Hindi ako pwedeng makialam dahil sa pagitan to ng mga angkan nila!"**

**"What do you want me to do then? Wait until someone kidnap my girl again?"**

His forehead crease. **"Jay-jay is not your girl. Stop giving her label."**

**"Coming from the person who label her girl as bestfriend."** I mocked him but he obviously didn't buy it.

His serious face are intimidating but his eyes are full of sorrows.

**"Ion is in good condition. She's planning to travel abroad before continuing her residency."** Gusto niyang magtanong kaya inunahan ko na siya.

He nodded shortly before walking toward his table. He took the block velvet box on top of it. May kalakihan yon at may gold print ng logo ng grupo.

**"This is from the group. Your birthday gift."** He said and hand it over to me.

I accepted it and slowly open the box. It was a gun but not an ordinary one. Naka-ukit din don ang initial ko.

**"W-what's with the gun?"**

**"Yan dapat ang welcome gift mo sa grupo but Schnee was so overwhelmed by your ability kaya gusto niyang ibigay ko na sayo ng maaga."**

I shook my head before smirking. I close the box and give it back to Angelo. **"I preferred accepting it when I'm an official member of the group."**

Kinuha niya yon at binaba sa coffee table na nasa tabi lang niya.

**"Are you sure? Baka kailanganin mo yan sa sunod na task ko sayo."**

**"What would that be?"**

**"Ryosuke Sato is a big pain in our ass. Get rid of him."**

I stop and try to understand the word that he use. He want me to get rid of that Sato.

**"Akala ko ba hindi ka pwedeng makialam."** He raised a brow. **"At gusto mong patayin ko siya?"**

**"Then kill him silently or get rid of him when he's alone so no one will know."**

**"Why me? Why don't you do it?"**

**"May problema na ko sa mga Hanamitchi. Baka madagdagan pa yon kapag nakialam ako sa gulo nila."** He raised a brow at me. **"Are you complaining? Binalaan na kita simula palang."**

I breath heavily. **"No. It's just—."**

**"Don't you dare complain Keifer! Pumirma ka! You are risking Jay-jay's life here, double time!"**

**"I am not complaining! Give me time and it will be done."**

Lumapit siya sakin at dinuro ako. **"Make sure you will."** Nilagpasan niya ko at lumabas na ng office.

Nanatili akong nakatayo lang don. I can't believe I have to kill someone. This is against my will but if Jay-jay's life is at risk I am more than willing to get rid of those who dare to hurt her.

Minabuti kong sumunod na kay Angelo. I saw his secretary waiting for me.

**"Sir, they're in the conference room waiting for you."** She said and walk before me.

Sinundan ko siya hanggang makarating kami sa conference room. Pinapaupo nila ko sa dulo kung saan katabi ko ang Demonyo. Sandali akong nakipag-usap sa mga board members at sa mga major stock holder ng company.

Kaunti lang sila compare sa inaasahan ko. Nagsimula ang mga manager na ipresent ang stats ng company, mga plano nila in the future and what will I get for investing on their future projects.

Inabot din ng mahigit tatlong oras ang usapan. We close the discussion by informing them of my interest with the company. Nagpasalamat lahat ng tao sa loob ng conference room at nakipag-shake hands bago kami hayaang umalis.

Nasa elevator na kami ng mapansin kong may tine-text si Keigan.

**"Who's that?"** I ask without looking at his phone.

**"Honey. Nasa baba daw siya."**

I shook my head. Lagi nalang siyang nawawala. Kagabi rin nawawala siya. Sabi niya may date daw siya pero bumalik naman siyang bigo ang muka. Mukang may hindi dumating sa usapan.

Pagdating sa ground floor nilapitan agad ako ng ibang board members. I don't know what they exactly want from me. Nasa kalagitnaan ako ng pakikipag-usap ng may marinig akong sumigaw.

*From the most expected person that I know.*

**"PUTANG'NA MO KEIFER!!"**

*Tss... Profanity.*

Halos sabay-sabay kaming lumingon sa direksyon niya. Nakita ko ang pagtalikod niya at pagtalon papunta sa kabilang habagi ng couch.

**"I'm so sorry Mr Watson—."**

I cut him by start walking. Balak ko sana siyang puntahan mamaya pero mukang mapapa-aga ang pagkikita namin.

"*Sino ba yon?*"

"*Please someone call a security.*"

"*Ang kabataan talaga ngayon.*"

"*What a filthy mouth.*"

I heard them said while I walk toward her.

**"Where is she?"** I ask when I saw few employees standing near the couch.

**"Nawala po sya."** One of them said.

Another employee shows up in front of me. **"I'm sorry Mr. Watson. Maniwala po kayo, hindi po namin empleyado yon."**

Bahagya ko siyang pinatabi para hanapin si Jay-jay. I badly wants to see her but this people are blocking me.

*Just please show up.*

**"It doesn't matter. Hindi naman maapektuhan non ang business proposal nyo. I just don't like hearing inappropriate word. Maybe I'll make her pay with those *profanity*."**

Napatingin ako sa isang area ng mapansin ko ang pag-galaw ng shadow. Lalapitan ko na sana siya pero biglang lumapit sakin si Keigan at hinarap sakin ang phone niya.

A message from Clyde saying that the Oldest was rush to the hospital and we need to come back as soon as possible.

**"Kuya! We have to leave. Male-late na tayo sa flight."** He sounds worried.

**"Okay."** I said and turn but I leave a message that she will surely hear. **"Maybe next time. Jay-jay."**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 303

**A/N:** ayun! Hindi pala kasya sa isa. Sobra haba! Aya meron pa isang chapter si Keifer.

**Longing**

***Keifer's POV***

I had a nightmare about my Jay-jay and it give chills in my spine. Paulit-ulit kong hinilamos ang muka ko ng tubig trying to wash away the scary images from my head.

*But it keeps roaming in my mind.*

Kinuha ko ang face towel sa tabi lang ng salamin. I wipe my face and look at myself in the mirror after. Pawis na pawis ako kahit wala naman akong suot na pang-itaas. I throw the towel at the dirty clothes basket before going back to my bed.

Hinanap ko ang secret phone ko. Hindi talaga ako mapakali sa panaginip ko. Parang totoo ang lahat ng nakita ko sa harap ko.

Jay-jay running toward me while calling my name. Behind him is a tattooed man with a gun pointing at her. Before she could reach me I heard a gun shot and she slowly fell while crying and begging for me to help her.

*No! Not my Jay-jay.*

I choose a number from my phone book and press the call button. Few rings before I heard someone answered my call.

**["*Hello, kung ikaw ay maniningil si Drew ay wala. Kung ikaw ay magpapautang sabihin kung magkano.*"]** It was obviously Drew trying to pretend as an answering machine.

**"I will take your house as a payment."** I said and I heard him snorted.

**["*Eto naman! Hindi na mabiro. Bakit ka napatawag?*"]**

**"Do me a favor, double your attention to Jay-jay."**

**["*Pautang muna.*"]**

Agad kong pinatay ang tawag. Seriously? Hindi yata niya kayang huminga ng hindi nangungutang. Buti sana kung meron siyang trabaho para pambayan kaso dinadaan lang niya sa sugal ang mga pambayad niya.

I choose another phone number. Just one ring and it was answered.

**["*Keifer, ang aga mo napatawag.*"]** Eren sounds sleepy.

**"Can you do me a favor? Pay more attention to Jay-jay please."**

I heard him groan. **["*Seriously Keifer? Ginising mo ko para lang dyan? I can't even pay attention to my girlfriendsssssss.*"]**

He intentionally added to many 'S'. I sigh heavily and hold the brigde of my nose.

**"Eren."** I said and I knew he'd pay attention. **"Kilala ko lahat ng girlfriend mo."**

**["*Oh ngayon?*"]** Mayabang niyang tanong.

**"And I have their numbers."**

He humorless laugh. **["*Joke lang. Wag ka mag-alala, kami na bahala kay Jay. Eto nga babangon na ko para pumasok ng maaga.*"]** I heard few ruffling sounds from his end.

**"Please make sure that she is safe."**

Pinatay ko ang tawag pero nag-dial ulit ako ng panibagong number. Sumisikip ang dibdib ko sa kaba.

**["*Keifer.*"]** David doesn't sound sleepy but I can hear something frying. **["*Hindi ko pinopormahan si Jay-jay kung yan ang itinawag mo.*"]**

**"No. It's something else."** I sighs, if it wasn't for Jay-jay I will never call him. **"Her safety is bothering me."**

**["*Tatlo na ang nagbabantay sa kaniya mula sa bahay nila. Gusto mo bang padagdagan ko pa?*"]**

**"If you have to."**

**["*I'll talk to them later*."]**

**"Thanks."** I said and about to end the call but I heard him laugh. **"What so funny?"**

**["*You. I can't believe you would turn to something like this.*"]**

I rolled my eyes. **"Fvck off David."** I heard him laugh before I finally end the call.

He can't believe? And what does he mean? That I'm uncapable of falling in love? Masyado niya kong minamaliit.

Sinantabi ko muna ang inis ko sa lalaking yon. My focus should be on my Jay-jay only. Her safety and that bad dream.

I dial another number again. It was Kit's number and it took few rings before he answered.

**["*Hoy Keifer! Wag ka ngang tawag ng tawag kay Kit!*"]** It wasn't Kit who answered. **["*Type mo ba siya? Ha? Dun ka nalang—aray*!"]** I heard

few ruffling sounds as if the phone was being taken away.**["*Wag ka nga nakikialam ng phone—.*"]** It was Kit's voice. **["*—Hello Keifer? Sorry, si Mayo yon. Bakit ka napatawag?*"]**

*Mayo? Magkasama sila ng ganito kaaga sa Pinas?*

**"What is he doing there?"** I ask out of curiosity.

**["*Nakikikain ng almusal.*"]**

I raised a brow. I heard what happened to them with our friends and Jay-jay is really worried with their situation now. I don't know how our friends will accept the truth.

**"Nakikikain ng almusal o kinakain ka bilang almusal?"** I ask nonchalantly.

**["*Eww! Hindi no! Saan naman galing yang iniisip mo?*"]** He answered sounds pissed.

**"From Mayo. Can you do me a favor?"**

I heard him hit something and Mayo's whimpered in pain.

**["*Tungkol saan? Kay Jay-jay ba?*"]** I can sense his seriousness.

**"Yes."**

**["*Ako na bahala. Madalas naman siyang nakadikit samin kaya hindi ako mahihirapan.*"]** He explained.

**"Thank you for helping me and for not being a straight guy."**

**["*Wow. And I'm thankful for your thank you.*"]** He turn sarcastic.

I smirked before ending the call. Pero hindi pa rin sapat ang mga tinawagan ko. Pakiramdam ko kulang na kulang pa rin.

I dial Rory's number and he answered it immediately.

**["*Pre...*"]** He said while brushing something—which is obviously his teeth.

**"Any leads with Sato?"**

**["*Wala—*"]** he stop brushing his teeth. **["*Wala eh. Ang hirap niyang hanapin. Tapos parang ayaw ni Yuri na makialam ako.*"]**

*What's wrong with him?*

**"Tell me if you need more resources. Work with Edrix if you have to."**

**["*Sige. Ligo na ko.*"]** He said and end the call.

Kung tutuusin masyado pang maaga sa Pilipinas. But most of them wakes up early because they need to work with the other gangs. Kailangan nilang gawin yon bago pumasok para hindi sila mahalata ni Jay-jay.

And speaking of Edrix siya naman ang sunod kong tinawagan. Hindi siya sumagot nung una kaya naipilitan akong ulitin ang tawag at inabot ng ilang ring bago tuluyang sagutin.

**["*Keif—.*"]** He yawn like a cat. **["*—er. Ang aga naman ng morning call mo. May nangyari ba?*"]**

**"Wala but I'm looking for an update."**

**["*Wala pa rin. Parang may nakaharang sa database ng Japan Embassy—mas tama yatang sabihin na hinaharangan ako. Kausapin mo nga si Yuri.*"]**

*Why aren't he helping them?*

I have this feeling that Yuri don't want us to get involved with their rivalry. Pero damay si Jay-jay dito kaya makikialam at makikialam ako.

**"I will. Work with Rory, please."**

**["*Sige. Ako na bahala.*"]**

I ended the call and look for another number to call. If I have to call the whole nation I will do it.

I choose Calix for the next number to call.

**["*Oi. Pre...*"]** He greeted me. **["*Aga naman. Nasa Pinas ka na ba?*"]**

**"Wala. Maybe sooner I will be."**

**["*Kay Jay-jay ba? Gusto mo bang kamustahin ko siya?*"]**

**"No. Just make her safe for me."**

**["*No problem. Yan talaga balak naming gawin.*"]** He said and we both say our goodbyes.

Like what I said I will call the whole Nation if I had too. Felix name shows up but I'm having second thoughts. Percy might interrupt my plan. Lagi pa namang istorbo ang isang yon.

*Bahala na. It's for my Jay-jay.*

I press the call button and in just a second it was answered but not by Felix.

**["*Helllow...*"]** Mabagal na sabi ng isang batang babae.

*Dalia? The kid with blue eyes like Percy.*

**"H-hi Dalia, pwede kay Kuya Felix mo?"**

**["*Nali—naliligo po siya.*"]** She said and giggled. **["*Sino po sila?*"]**

**"Its me Keif—."** I heard someone calling her.

**["*Dalia! Sino kausap mo?*"]** It was Percy. Dalia giggled again before answering her brother. **["*Boyfriend ko.*"]** She said and I almost hit my head. **["*Anong boyfriend?! Hindi ka pwede magka-boyfriend! Papatayin*

***ko mga lalapit na lalaki sayo! Akin na yan!*"]** I heard Dalia cried which later slowly fade away. **["*Hello! Sino to?*"]** This time it's Percy.

I sigh in disbelief but before I could say anything, Percy starts talking none sense.

**["*Aahhh! May boyfriend na nga siya!—Sino ka?! My gad! Baby pa ang kapatid ko! Layuan mo siya kundi papatayin kita!*"]** He said and I heard a door opening. **["*Phone ka ba yan?*"]** It was Felix then Percy starts to sob. **["*May boyfriend na ang Baby natin! Bata pa siya! Hindi pa pwede!*"]**

Kahit hindi ko nakikita alam kong naguguluhan na si Felix sa mga sinasabi niya. Nabaliw na naman siya. Siguro hindi siya nag-almusal.

**["*Baliw ka! Akin na nga yang phone ko!*"]** I heard the familiar ruffling sound. **["*Ikaw pala. Bakit ka napatawag?*"]**

**"About Jay-jay."**

He sightly chuckled. **["*Oo nga naman. Nagtanong pa ko—ano ba?!*"]** He sounds struggling. **["*Sabihin mo sa boyfriend ni Dalia papatayin ko siya!*"]** It was Percy. **["*Yung towel ko! Mahuhulog!*"]** Felix sounds pissed. **["*Bakit? Naka-urong ba si—aray!*"]** Percy was obviously hit and I don't need to see it.

*Too much information.*

Napilitan akong patayin ang tawag dahil halata namang nag-aaway sila. Tinext ko nalang si Felix para ibilin si Jay-jay. Alam ko namang mababasa niya yon pagkatapos nilang mag-away.

Tinawagan ko nalang ang iba pa para ibilin ang dapat kong ibilin. Eman, Denzel, Blaster and Josh are all agreed. And I dial the number of the last person I'm thinking.

**["*Feed me! Feed me! Feed me!—Good morning Keifer!—Feed me!*"]**

*Yup! Ci-N is fully awake.*

**"Its night here."**

**["*Manang almusal ko po!—Ganun? Sige Good evening Keifer!—Manang! Nagugutom na po ako!*"]**

Sa totoo lang parang lumipat lang siya ng bahay. Ganun pa rin kasi ang mga ginagawa niya. Being feed by this woman he called Manang from the mansion to his new unit.

**"Enjoy your breakfast, alam ko namang alam mo na ang dahilan ng pagtawag ko—."**

**["*Si Jay-jay 'di ba? Meron pala ako sasabihin sayo—Manang! Kulang po ang hotdog!*"]**

I sighed. He keeps calling this Manang and now I'm not sure if he's meant to say something to me or to that Manang.

**"Sakin mo ba sasabihin o kay Manang?"**

**["*Sayo—Manang penge po tubig!*"]**

*Oh c'mon!*

**"Kanino ba talaga?"**

**["*Sayo nga! Tungkol kay Sato.*"]** I shut my mouth to let him continue. **["*Galing ng Japan ang pinsan ko, nag-aral siya don mag-doctor—kilala mo ba yon, si Lianah Saguirer? Yun yong pinsan kong nag-surgeon tapos—.*"]**

**"Please, get to the part about Sato?"** I almost beg.

Like seriously? What do I care about his cousin? I already know that it runs in their family. So I'm not surprised to hear that one of his cousin is studying in medical schools abroad.

I heard him laugh. **["*Sabi niya kilala daw na torturer ang mga Sato. Wala silang pinipiling edad at kasarian. Sabi din niya marami daw pinahirapan ang pamilya non pero hindi sila mahuli ng mga pulis tapos mga Hanamitchi lang ang inaasahan nilang magpapatigil sa mga yon—parang may kilala akong Hanamitchi—ay si Yuri pala.*"]** He said and laugh again.

At sinasabi niya lahat ng to habang kumakain. Para lang siyang nagkukwento ng adventure ng pinsan niya. Hindi ba niya naisip na si Jay-jay ang target ng torturer na yon? And if he gets Jay-jay she'll definitely in danger.

Pinatay ko ang tawag at agad na nag-ayos. I'm about to get change when someone knock on my door. I hide my secret phone and let that person come in.

**"Kuya?"** It was Keigan.

I come out from my walk in closet. **"Keigan."**

Hinarap niya ko at may inabot na papel. **"Good thing your awake. We need to travel to Australia now. That's an order from Clyde."**

Muntik na kong magmura dahil dito. Balak ko umuwi ng Pinas. Mas kailangan ako ni Jay-jay.

**"I have to go somewhere else."** I said and get back to my walk in closet but he followed me.

**"This is important. Saan mo naman balak pumunta?"**

**"Someone needs my help."**

**"And who's that someone? That Jay-jay again?"** I can senses the irritation in his tone.

**"None of your business."**

I heard him sighed. **"Hindi kita pipigilan pero sana gawin mo muna ang obligasyon mo dito bago mo siya intindihin."** He said and walk away.

Napahinto ako at naisandal ang isang kamay sa pader. Keigan is right. I still need to do things, I still have obligation that I haven't finish.

*But my future needs me too.*

Kapag inuna ko siya I'll definitely disappoint the Keigan and Elders. They'll find a loophole and use it against me.

I'm still thinkin of what should I do when I receive a message from unexpected person.

*Yuri.*

Agad ko siyang tinawagan at it took only one ring before he answered.

**["*I heard you called them, but not me? Why is that?*"]**

**"Feel jealous?"**

**["*Well I should be, I'm your bestfriend.*"]** He mockingly said.

I shook my head. **"What do you want?"**

**["*Ask Rory and Edrix to stop investigating. They're putting themselves in danger.*"]**

**"Why is that? Don't you trust them?"**

**["*Not that I don't trust them. Sato is second to biggest Yakuza family in Japan. They have lots of connection—.*"]**

**"I already know that part."**

**["*Leave it to me. It's my job to catch him.*"]**

**"And Jay-jay? How will you protect her?"**

**["*The same way you're protecting her. Silently.*"]**

I feel slightly relief. Yes, Yuri is my rival but he's still my bestfriend who never left me after all what happened.

*Protect her no matter what.*

**"I'm almost done here. Sooner or later we'll see each other again and finish what we started."**

**["*Then I'll wait.*"]**

He ended the call. I sit on the floor feeling so weak. After this, I will tell the Elders that I need to go back. Ito na ang huli at gagawin ko na talaga

ang orihinal na plano ko.

*For my brothers and for my Jay-jay.*

Tinuloy ko na ang balak ko. Nagbihis ako para sa business meeting na naghihintay sakin. Inayos ko din ang mga gamit na kailangan ko. Paglabas ko ng kwarto naabutan ko si Keigan na umiinom ng kape.

I saw him surprised but he immediately shrugged it.

**"I thought you have other plan."**

**"I guess I have to set it a side and prioritize this business meeting."** I said and starts to walk.

**"Thank you Kuya."** He said that makes me stop.

I turn and look at him. He purse his lips and look down.

**"This past few weeks, I keep controlling you thinking that it's the best for us. But you still look at me like I never done anything that hurted you. Thank you for still trusting me."**

I smiled at him before nodding shortly. Lumabas na ko at dumiretso sa lobby kung saan naghihintay ang driver ko. Sinalubong naman niya ko bago kuhanin ang gamit ko.

Pagsakay sa kotse I took my secret phone. I still wanted to make sure that Jay-jay will be safe. And I'm thankful for our friends whose updating me from time to time.

Pagdating sa airport nakahanda na ang private jet and ready for take off. Ako nalang talaga ang hinihintay.

Sa ilang oras na byahe namin. Hindi pa rin ako mapakali. The same image of Jay-jay crying for help is still hunts me down. For some reason I suddenly feel nervous.

I press the intercom to contact the pilot.

**"Change route. To Philippines now!"** I said and I'm thankful that he didn't say a thing.

Mabuti nalang at nasa Asia na rin kami. He ask for permission to land and in almost an hour nasa airport na rin kami. Personal akong kinausap ng Pilot. Keigan doesn't know about this and he have no choice but to let him know.

Hinayaan ko lang siya as long as I can leave now. Wala na siyang sinabi ng bumaba ako ng eroplano. Pinili kong mag-taxi kesa hintayin ang pinatawag nilang service.

*I need to see my Jay-jay now.*

Agad kong tinawagan si Rory at naging tama ang hinala ko ng kumpirmahin niya sakin.

**["*Damay si Mica, Freya, Ella, Rakki at Honey. Hindi namin alam kung pano wala kasing guard sa gate.*"]** He said and I almost throw my phone.

Kaya pala wala si Honey dahil nauna pa siyang umuwi sakin dito. If her Uncle found out about this, I'm sure she's definitely dead.

**"Send me the address, I'm on my way."** Pinatay ko ang tawag at hinintay ang address.

Binigay ko agad yon sa taxi driver ng matanggap ko. I ask him to drive faster at halos manlaki ang mata niya ng sabihin kong triple ang babayaran ko.

*I'm on my way. I will save you.*

Narating ko ang address. As expected hindi talaga magtatago sa mataong lugar ang Sato'ng yon. It was old building of a Japanese wood products. I'm not sure if this is still functioning.

Pumasok ako sa loob ang I saw the others. Helping the girls but I can't find Jay-jay.

**"Where is Jay-jay?"** It was Percy from behind.

Mukang kakarating lang din niya. Napatingin naman sila samin dahil sa lakas ng boses niya.

**"Keifer?"** It was Calix. **"Tangay niya si Jay-jay."**

**"Ay bakit ikaw ang nakita? Mas gwapo naman ako."** I heard Percy said.

I look at him deadly. Uunahin pa ba niya yon kesa sa stepsister niyang nanga-ngailangan ng tulong? I can't believe him.

Nakita ko si Ella and Yuri na inaalalayan si Aries but he push them away.

**"My sister needs me!"** He shouted and run away.

Agad ko siyang sinundan. He knows where Sato is.

**"Aries stop—Keifer?"** It was Yuri and we all stop.

**"Andito din ako."** Percy said.

**"Anong ginagawa nyo dito?"** Aries turn and glared at us.

Pero si Yuri ang hinarap ko. **"Ano? Wala kang planong sabihin sakin to?!"**

**"We're all in hurry to find them. Tingin mo ba maiisip ko pang mag-report sayo?"**

**"You should have at least ask our friends to do so if you can't. If I didn't follow my instinct malamang na tapos na ang lahat ng to bago ko pa malaman."**

**"Sorry to interrupt but If you're here to finght do it later. Jay-jay needs help and you two are not helping."** Aries said obviously pissed.

**"Hala! Sige uwi na kayo! Kami nalang ni Aries bahala dito."** Percy added and push us aside.

Nagpauna siyang maglakad at sumunod naman si Aries. Nakalabas kami ng building. Gusto kong manampal dahil mukang naligaw kami sa kagagawan ng lintik na Percy na to.

**"Ay wrong way yata."** Sabi pa niya at akmang babalik pero huminto ng makita kami.

**"The hell Percy!"** I shout at him.

**"Malay ko ba?! Kakarating ko lang din kaya!"** Dipensa niya.

I'm about to hit him when I notice Aries. He's in silence. He raised his finger to signal us to shut up. We did and he observed the sounds that he hear.

**"Dito."** He said and we followed.

At duon ko nakita ang halos kaparehong imahe sa panaginip ko.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E

**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy

**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 304

**A/N:** yes! Tapos na! Jay-jay's POV on next update. Get ready!

Sa ngayon dalawa muna. Baka next sabado if papalarin. If not next next sabado. Hahaha

Merry Christmas!

**Bullets**

***Keifer's POV***

**"Bitaw na! Aaaggghhh!"** I heard Jay-jay shouts.

Kanina ko pa sila naririnig na nagtatalo. It bothers me that we're still here and watching. Tuwing susubukan kong lumapit they will stop me. They keep saying that my recklessness will put her in danger.

*As if she's not already in danger.*

**"Ingay."** I commented trying to get their attention.

Agad akong tinignan ng masama nitong tatlo.

**"Seriously? Ano? Epal nito. Ipapahamak mo ba si Jay-jay"** Percy whisperedly shouts at me.

**"I'm trying to get his attention."** I explained.

Pero mukang hindi lang atensyon niya ang nakuha ko.

**"A-andito sya."** It was Jay, obviously looking for me. **"Andito sya? Andito ba sya?"**

**"W-who? Who is here?"** That Sato also search.

Na-alarma kami ng unti-unti niyang ilayo si Jay-jay.

*Nope! Not my girl!*

**"Let her go now!"** Yuri shouts and I almost hit his red haired head.

Nagagalit sila sa ginawa kong pag-iingay, siya din naman pala tong sisigaw din.

Mas lalong nataranta si Sato at hinigpitan ang hawak kay Jay-jay. Lalapit na sana ako ng biglang tumayo si Percy sa harap ko at kumanta.

**" Let her go... Let her go... "** He said with hand gesture.

Aries immediately hit him. Humarap naman siya samin.

**"Sino yon? Masakit ah!"** Reklamo niya. **"Dapat kasi ganon, chill lang."**

Mukang hindi na nakatiis si Aries. Agad siyang tumayo at naglakad palapit sa kinatatayuan nila Sato.

**"Let go of my sister!"** He added.

Percy immediately follows him and Yuri did the same. Napabuntong hininga nalang ako at sumunod sa kanila. Tinanggal ko coat ko at ang tie dahil alam kong magiging sagabal lang yon sa magiging laban namin.

Seeing my Jay-jay almost makes me cry. I badly want to run to her and give her a hug. I missed her so much but why do we have to see each other in this kind of situation.

Napatingin ako sa mga mata niya. And I know with those eyes, minumura na naman niya ko. I smirked with that idea.

**"Tss... Profanity."**

**"Kumag ka!"** Here she goes. **"Yan pa talaga inintindi mo! Hayop!"**

*Keep cursing my Queen, I'm counting them all.*

I messed my hair before throwing my coat and tie.

**"I came back straight from London then you'll call me *Kumag* and *Hayop*? Wala bang '*I miss you Keifer*' dyan?"**

**"Gago! Nagkita tayo kahapon!"**

*Yup! With a very nice greeting Baby.*

**"Yeah. Minura mo nga ako di ba?"**

**"W-wala akong maalala! H-hindi ako yon!"**

Now she's denying it. I raised a brow and look at her. She immediately avoid my gaze.

**"Ganda ng langit—Aahhh... Aray!"**

Sato gripped her tightly. I almost run to her kung hindi ko lang nakita ang hawak niyang baril.

**"Let go Jay-jay now."** It was Yuri with threatening voice.

Jay-jay look at him softly.

*Don't look at him like that!*

**"Bitawan mo na si Baby Sister. Hindi pa ba sapat ang kagwapuhan namin para masindak ka?"** Percy and his overflowing confident about his looks.

I rolled my eyes. Bakit ba hindi pa tinangay ng agos ang kayabangan niya nung naaksidente siya? Oh kaya nabali man lang sana ang confident niya.

**"Don't call her Baby Sister. She's my sister not yours."** Aries complain.

Percy pouted his lips. **"Ang sungit mo naman. Sige, ikaw nalang Baby ko."** He added and about to hug Aries but he immediately raised his fist to stop him.

**"KINGINA! BITIWAN MO NA KO!"** Jay-jay suddenly shouts.

Sato obviously doesn't like it. He push her to the ground and point his gun. My reflexes automatically work. I run as fast as I can and jump to Sato.

**"TAKE JAY-JAY AWAY FROM HERE!"** I shouted and I saw David carried her away.

Isang malakas na suntok ang nagpabalik sakin sa kaharap ko. I punch him back. Hindi ko siya tinigilan hangang sa makarinig kami ng kasa ng baril.

**"Move away!"**

I checked who it was and I saw few men with tattoos same with this Sato guy. I move away like what he wanted. Atleast 12 of them where still standing but only 2 has a gun in hand. Hindi ko alam na may mag tauhan pa siya. Akala ko yung mga bagsak nalang ang natitira.

Sato speaks in nihongo while helping himself to stand up. Yuri look at him furiously.

**"Yuri..."** I called him to translate what this guy is saying.

**"He will torture Jay-jay after this."** He said that makes me livid.

Ci-N is telling the truth about the Sato Clan. A torturer and they pick anyone they wanted.

Sato again speak Japanese while walking toward his men. I look at Yuri and he turn back at me.

**"Tayo daw muna ang uunahin niya."** He said and we stared at each other trying to contemplate a plan.

Pero bago pa man kami makaisip Percy made a reckless move.

**"Kung kaya nila tayo!"** He shouts and throw a stone at them. It hit one of the man with a gun while the other one is about to shoot us.

Kanya-kanya kami ng takbo at sugod. Before he could pull the trigger I manage to take him. I kick the gun away but someone punch me. Sinubukan kong gumanti pero may humawak sakin mula sa likod. He hit my stomach a couple of times.

Wala akong planong magpabugbog sa kanila. He's about to hit me again when I manage to raised my legs and use it to kick him. Sa lakas ng ginawa ko nabigatan ang may hawak sakin at tuloy-tuloy na bumagsak. I made him sleep in just one punch.

Tumayo ako at hinanap si Sato. Pagbabayarin ko siya sa ginawa niya kay Jay-jay. But my plan immediately change when I saw him holding a gun and pointing it to someone. Sinundan ko kung saan nakaturo.

*To Yuri.*

Kasalukuyan siyang nakikipagpalitan ng suntok kaya wala siyang kamalay-malay. Giving him a warning is not enough. My body automatically runs toward him.

**"Yuri!"** I shouted to call him.

**"Tumigil ka Keifer!"** I heard Percy shouts.

But it's too late, stopping now will end Yuri's life. I saw Yuri looking at me in shock. I jump as high as I can to reach him and the next thing I heard is multiple gunshots from Sato's gun.

Bumagsak kami pareho. I don't feel anything from my body. And Yuri seems fine.

*We're safe.*

Agad na tumayo si Yuri at kinuha ang baril na nasa sahig. Tinutok niya yon kay Sato at sunod-sunod na pinaputok. I saw how Sato fall on the ground while his blood are dripping out of his body.

**"Shit!"** It was Aries.

*Is he dead?*

Sinubukan kong bumangon pero naramdaman ko ang pagtulak ng kung sino sakin.

**"Don't move."** Percy said while holding me down.

**"W-what?"** I said trying to look at him.

Aries sit besides me and Yuri looks at me worriedly. Still clueless why they keep pushing me down. Balak ko sanang itanong kung anong problema pero nasagot yon ng maramdaman ko ang pagkabasa ng damit ko sa likod.

*Shit!*

Tinaas nila ang damit ko mula sa likod.

**"Mukang mababaw lang at hindi ganun kalakas ang pagdurugo."** Percy said.

**"What now?"** Aries ask.

**"Kailangang madala natin siya sa ospital. I will call—."**

**"No. Don't call them."** I cut him.

Malalaman ni Jay-jay na tinamaan ako. I don't want her to get worried. Aside from that she's not into blood. Hindi pa nasasagot ang problema niya sa dugo.

**"Anong gusto mong mangyari? Lumakad ka ng ganyan? Mas lalakas ang pagdurugo nyan kapag tumayo ka."** Aries said and stand up.

**"What do you think?"** I sarcastically ask.

He chuckled in disbelief.

**"Delikado, Keifer."** Yuri said.

**"Clear my path, I will walk normally."** I said.

**"Bahala ka, dapat nga bilisan mo lakad mo para makaalis kagad. Takbo ka."** Percy suggested.

*Seriously?*

**"Too much activity will cost excessive bleeding."** Aries said. **"And excessive bleeding will lead to death."**

**"Eto? Mamamatay? Malamang fiesta ang burol."** Percy said and laugh.

I badly want to reach him so I could punch his face but I can't because of my position.

Naramdaman ko ang pag-aayos niya ng damit ko bago tumayo at pagpagin ang sarili nyang damit.

**"Ay, may dugo me!"** Sabi niya na parang gulat na gulat.

He probably got it from me. Kasalanan naman niya. Basta nalang niya ko nilapitan at hinawakan without thinking.

**"Move! Ano ba? Muka ba kong basahan!"** Aries complain.

I look at them and I saw Percy wiping the blood from his hand using Aries' clothes.

**"Papunas lang. Haharap ako kay Freya loves. Dapat presentable ako."** Sabi niya at inayos ang buhok. **"Pupuntahan ko na sila. Kailangan ko malaman kung ayos lang si Jay-jay at si Freya ko."** Paalam niya at tinignan ako. **"You only have few minutes. Excessive bleeding will cost death."**

Hindi ko alam kung sinusubukan lang ba niya ko o nananakot talaga siya. Whatever it is, he's not helping.

Tumalikod na siya at naglakad papasok sa loob. Iba yon sa dinaanan namin kanina. Dito siguro dumaan sila Sato at ang mga kaibigan namin.

I tried to move slowly. Sinubukan kong maupo and blood starts to pour from my back. Ramdam ko ang sakit pero parang unti-unti ng nagiging manhid ang likod ko.

*Not a good sign.*

**"Pwede naman siguro takpan ang sugat niya."** Aries said and took out his handkerchief.

Agad kong sinenyas ang kamay ko para patigilin siya. Tinuro ko ang coat at tie ko na nasa likod lang niya. Kinuha naman niya yon at pabatong binigay sakin.

**"Bahala ka. Walang sisihan kapag namatay ka."** He said and turn around.

Pumasok na din siya sa loob sa parehong dinaanan ni Percy. Tatayo na sana ako ng makita ko ang hawak ni Yuri.

**"You should put it down."** I said and look at Sato.

I can't tell but I think he's dead. Yuri killed—.

**"It's not yet done."**

My forehead crease. Nang tignan ko siya nakatingin din pala siya kay Sato. I look back at the dead—*no.*

**"Is he still alive?"** Nakita ko ang pag-galaw niya.

We both stared at him. Few small movements is enough to confirm that he's still alive. Lumapit si Yuri sa kaniya hawak pa rin ang baril.

Sinubukan kong tumayo gamit ang isang kamay ko pang-suporta pero nasugatan yon ng isang matalim na bato. Kinuha ko ang necktie ko at ginamit yon pangbalot. Sinubukan ko ulit tumayo and I saw Yuri walking toward me.

Hindi na niya hawak ang baril. Napatingin ako sa damit niya ng mapansin kong maraming dugo ang kumapit sa kaniya.

*Not sure if that's my blood.*

**"Let me help you."** He said but declined.

**"Tinamaan lang ako ng bala pero hindi pa ko lumpo."** I said and wear my coat. **"Do what I said, clear my path."**

He purse his lips and turn but he stop after few steps.

**"I'm just wondering, if you die here..."** he face me with a deadpan looked. **"No one will know, how, why and who did it, right?"**

I tilt my head. And he really have time to make fun of me.

**"You're a fvcker! It won't work with me."** I said and he smile a bit before continue walking back inside.

At one point, I almost think that his threat is real. But of course he's my friend. He can't do such thing—.

My head automatically move to Sato's not so alive body.

*Is he really dead this time?*

I'm about to walk toward his body but my back is getting worst. Agad kong sinuot ang coat at lumakad papasok. Bawat paghakbang ko ay bawat sirit din ng dugo sa likod ko.

Sana lang hindi mapansin ni Jay-jay. I don't want her to have a panic attack and worst, mawala na naman siya sa sarili.

I can almost see them all. My stomach is twitching with every steps I made. I shouldn't feel excited but I can't control it. And when I saw her eyes, everything went silent.

*My Jasper Jean.*

**"Keifer."** Ci-N called me.

*Now it's no longer silent.*

**"Ci..."**

**"Ayos ka lang?"**

**"Not good. I need to get out of here as soon as possible."** I said trying to control my dizziness.

**"Sa ospital namin. Si Dad nang bahala sayo."** He said and I nodded. **"Kami na bahala kay Jay-jay."**

My head automatically turn to Jay-jay. She's looking at me obviously worried. I remained stoic. I don't to show that I badly miss her.

**"Lakad na Keifer. Baka mapano ka."** Ci-N said and I continue walking.

Pinilit kong hindi siya tignan habang naglalakad pero parang reflex ko na ang gumawa ng paraan para makita siya. My head turn to look at her but I bit my tongue to shut my mouth.

I continue walking and when I get closer to Aries, I saw Ella besides him. She also looks at me. Sa tinagal ng panahon na hindi ko siya nakaharap ngayon ko napatunayan na wala na talaga akong nararamdaman para sa kaniya.

*And I thought my feelings will never moved on.*

Pinili kong lagpasan sila, I can see Yuri and Percy both looking at me. Like I what I ask he did clear my path. Kung mabilis akong makakalabas, mabilis akong makakapunta ng hospital.

But something hit my back. I almost shout in pain.

**"Jay!"** Yuri warn her.

At panibagong matigas na bagay ang tumama sa ulo ko. Nakakaramdam na ko ng hilo.

*Am I loosing too many blood?*

Gusto kong isipin na dahil yon sa matigas na bagay na tumama sakin but obviously not. Staying here will put me in danger.

Then something soft hit me. What is it this time?

**"Yan! Kainin mo! Bwisit ka! Magpapakita tapos ganun nalang! Walang pansinan!"** It was my Jay-jay.

Her voice are making me stay. I breath heavily and turn to face her. She's looking at me furiously.

Napatingin ako sa mga medyas at sapatos na nagkalat. Pinulot ko yon at ibigay kay Felix na malapit lang sakin.

**"Done?"** I ask and I saw pain from her eyes. **"Kung tapos kana aalis na ko."** *Because I might die here.*

I'm about to turn when she speak again.

**"Dyan ka magaling! Tumalikod at umalis! Sieg na! Alis na! Yan lang naman kaya mo! Kasuntukan mo nga lang kaya mong harapin!"**

*She's right.*

Kasuntukan lang ang kaya ko dahil naduduwag ako tuwing kaharap ko siya. Naduduwag ako sa sakit.

**"J-jay... Tama na."** Rory said obviously worried.

**"Keifer... Ang daming dugo sa likod mo."** Bulong ni Felix at naramdaman ko ang pagkabasa ng damit ko.

Mas lalo ding tumindi ang pagkahilo ko. My vision are starting to blurred.

Denzel said something to Jay-jay and she look at me fiercely.

**"Talaga ba?!"** She sarcastically ask. **"Aasikasuhin? O tatakasan?"**

I look at her intently. Hindi ako tatakasan. I'm staying here for you. Even if staying means dying. Basta ikaw ang huli kong makikita bago ako mawala.

**"...hindi mo pa nga ako hinaharap tungkol sa mga kalokohan mo sakin! Tapos aalis ka na naman? Ano? Ganun na naman? Maghihintay na naman ako? Hanep yan!"** She added.

**"Hindi siguro to ang magandang oras para pag-usapan yan."** Percy said but she still continue.

**"Kung aalis ka, umalis ka na pero hindi ko mapapangako na may babalikan ka pa."**

*No, I will stay. That's my decision.*

**"Done?"** I ask and she nodded.

Now it's my turn. I walk as fast as I can towards her. When I reach her, both of my hands hold her face.

How I badly wish for this moment.

**"You talk to much."** I said and move my lips to hers.

It feels like my heart just exploded because of too much happiness. If this is dying, I will hug my own grim reaper.

Akala ko, wala ng katapusan to. Kung pwede lang ganito nalang kami. I will stop the time if I have to at atleast give me a longer time with her.

But I guess all wishes can't come true. The time that I'm asking for can't be mine. Kusang bumigay ang katawan ko at sigundo lang ang binilang kusang dumilim ang paningin ko.

Maybe this is my time. My end has come. Gusto ko pa sanang bumalik dahil marami pa kong hindi nagagawa pero alam kong hindi na pwede.

*Or maybe not.*

I woke up with the beeping and pumping machine sounds. My eyes are looking straight at the floresent bulb.

Definitely not dead. I can feel the pain from my back. My throat are so dried and there's something in my mouth.

I look around and I saw Keigan sitting besides my bed while holding my secret phone.

*Fvck! He found out.*

**"K-keig-gan."** I called him.

He looks at me and immediately press the emergency button on the wall on top of my bed.

**"You're awake. Tinakot mo ko Kuya."** He said and hold my hand.

I can see happiness in his eyes. I tried to hold his hand back but I still feel week. Doctor and nurses came in and check me.

*My Jay-jay. Where is she?*

Few moments before the doctor declare that I'm in a good condition now. Still need to rest after having an operation. They remove the bullets from my back. It's a good thing its not that deep, according to the doctor.

After check me up they leave and as if on cue my friends came in.

**"Sa wakas gising na."** Percy said and about to hug me but Felix stop him.

**"Kita mong kakagising lang. Masama pa rin lagay nyan."** He said to his brother.

**"Ready na ba ulit lumaban?"** Denzel ask.

I smile and nodded. They all laugh because of my answer.

**"Kinabahan kami sayo."** Ci-N said and gave me his gummy smile. **"Lahat kami natakot na baka may masamang nangyari sayo."**

**"Except nga lang sa isa."** Mayo said without looking at me. Kit slightly hit him while the others turn silent.

If I can raised my brow I will do it. Who are they talking about? I look around to look for a particular person.

*Are they talking about my Jay-jay?*

**"W-where is s-she?"** I ask them and they all look away.

It was Yuri who answered. **"Nasa ibabang floor siya. Naka-admit din kasama ni Aries."**

*Admit?*

I almost raised my body to get up. **"I-is she o-okay?"**

Agad akong pinigilan ni Keigan. **"Stop Kuya. That's dangerous."**

**"O-okay lang si Jay-jay. Yung Kuya Angelo lang niya ang nagpa-admit sa kanila para masiguro na ayos silang dalawa."** Ci-N explained.

But still wanted to see her. Gusto kong ako mismo makakita kung ayos lang ba siya. I didn't know what Sato did to her.

**"I...w-want...see...Jay—."** I said trying to get up.

**"Stop Kuya."** Keigan still trying to stop me. Alam niyang hindi ako papapigil kaya hinarap niya si Ci-N. **"Better to bring her here."**

Tumang si Ci-N at naglakad palabas. Felix and Percy followed him after.

Nahiga nalang ako ulit at nagpahinga. I feel the pain from my back. Nahihirapan ako ng sobra dahil sa sitwasyon ko. I look at the rest of our friends. Most of them have few brushes but no one got hurt badly.

*Except me of course.*

They started by making conversation about the incident. I'm just listening to them until the topic turns to something else.

**"Pero grabe si Sato, baliw talaga. Sa takot sumuko nagpakamatay nalang."**

*Nagpakamatay?*

I look at Yuri who's also looking at me. He didn't tell the truth? Where did that idea come from?

My forehead crease. I don't like what he is up to.

Few minutes after when Ci-N came back with Felix and Percy. They're both empty handed which means they can't bring Jay-jay here.

Napahiga nalang ako at napapikit. I really want to see her.

Hindi ko namalayan na nakatulog na naman ako. Nagising ako ng maramdaman ang vibrate ng secret phone ko. It was resting under my hand as if it was place right there by someone.

Keigan is not in here. I slowly took the phone and saw the message. It was my Jay-jay, I answered her message and before I knew it she's on the line talking to me.

I misses her voice but I don't like the way she's talking. She's telling a story about us. About me. My tear fell from my eyes. She's saying goodbye. She's giving up for real.

Nang mamatay ang tawag agad kong tinanggal ang oxygen mask ko. Hinugot ko din ang syringe na nakabaon sa balat ko. I push myself to get up.

*I need to see her.*

I'm about to fully get up when someone push me back so hard. Napasigaw ako sa sakit dahil sa pagtama ng likod ko. My bed is made of foam but the impact still hurts.

Tinignan ko kung sino yon and I saw my brother—no, he looks like someone else.

**"I can't believe Keigan trusted you."** He said as if he's not Keigan.

*Or he's really not.*

**"Planado na ang lahat. But you choose to be with your girl. Buti nga sayo nabaril ka."** He said and laugh. **"Maybe I should let you die here."** He walk closer to me. **"Syempre hindi pwede. Baka saktan ni Keigan ang sarili niya."** He press the emergency button.

The next thing I know, Doctors are giving me sedatives to calm down.

But I don't need those. I need to see my Jay-jay.

My eyes automatically close. I lost consciousness before I could say anything to my brother.

I woke up by 2AM, my brother is fixing everything to move me to London. But I can't leave without seeing my Jay-jay.

Hinayaan kong isipin ni Keigan na tulog pa rin ako. When he leaves my room, I continue what I'm planning to do earlier. Tinanggal ko ulit lahat ng nakakabit sakin. I pushed myself to get up.

Hingal na hinga ako ng magawa kong makatayo. Because of the time, I no longer see any patient or nurses at the hallway. Tinawagan ko si Aries gamit ang secret phone ko.

**"Do you know what time is it?"** He ask irritated.

**"I need your help."** I said and stops for a while.

**"I'm not helping you. Go ask someone else."**

**"Please..."** I literally sounds begging.

**"Oo na. Asan ka ba? Kainis."**

**"Salubungin mo ko sa elevator."** I end the call and walk as fast as I can.

Pagdating sa elevator, nasa loob nga siya at naghihintay sakin. Nagulat pa siya ng makita ang itsura ko. I tried my best to convince him to let me see his sister.

Ayaw pa niya nung una pero hinatid din niya ko sa kwarto nila. Nagawa pa niyang magbantay sa pinto para masiguro walang basta papasok.

And right at that moment. I want to cry and hug my Jay-jay.

*Please... Don't give up.*

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 305

**A/N:** Kumusta ang selebrasyon? Grabe! Patapos na ang January pero wala pa rin akong magawang matino. Hayzt!

Anywy, roman hyway. Here's the update. Don't expect too much, wala re-read na naganap kasi nag-mamadali akes.

Hope yah enjoy.

**Guessing game**

***Jay-jay's POV***

*Paano po manampal ng Horoscope?*

Kapag kaya nag-google ako makikita ko ang sagot? Kanina pa ko naaalibadbaran sa dalawa na to. Gusto ko silang sampalin.

*Hindi ko sasabihing si Ella yung isa.*

**"Gusto mo ba Jay?"** Biglang tanong sa 'kin ni—*ehem*—Ella habang inaabot ang container ng spaghetti.

*Sa wakas! Nag-alok din.*

Nakaramdam yata dahil sa sama ng tingin ko sa mga pagkain sa harap niya.

Handa na sana akong tumango at sumagot ng malutong na '*oo*'. Kaso buset tong kapatid ko. Hinatak niya ang kamay ni Ella pabalik.

**"Wag mong bigyan yan."** Sabi pa niya at sumubo ng sandwich na dala rin ng babae niya.

Mabilis akong napasibangot sa kanila. Animal na Horoscope!

**"Napaka-damot mo!"** Inis na sabi ko at tinignan naman niya ko ng masama.

*Papalag? Papalag? Totoo naman!*

Kahit isumpa pa niya ko. Malasin man ako sa mga susunod na araw. Basta mapamuka ko lang ang kadamutan niya.

Nadinig ko ang mahinang pagtawa ni Ella na katapat lang nitong Horoscope. Inirapan ko naman siya.

*Isa ka pa!*

Sa lahat ng kasalanan sakin ng babaeng to, ngayon ko lang masasabi na masama talaga ugali niya.

Ang damot niya kasi! Pagdating niya si Aries lang pinakain niya. Eh ako? Ano ako dito? Display? Palagay niya sakin? Hindi ba ko marunong magutom?

Tapos parang nang-aasar pa talaga sila. Dito pa nila naisipan kumain sa kwarto, samantalang sa labas sila kumain kahapon. Ano? Nananadya lang?!

**"Mabulunan sana kayo!"** Sabi ko na halos maiyak na sa inis.

Malakas na tawa lang ang narinig ko galing kay Aries. Samantalang napailing-iling naman si Ella.

*Ang dadamot nyo!*

Gusto ko ng kumain! Wala bang maghuhulog ng pagkain dyan galing sa langit? O kaya sampalin nyo ko ng hamon. Pero parang mas maganda kug babatuhin ako ng inihaw na manok. Naiiyak na ko sa gutom, puyat at inis.

Hindi na nga ako pinatulog na Hari ng mga Dimunyong, pesteng, kumag at tukmol na Ulupong na yon. Tapos hindi pa ko makakakain.

**"Gusto ko ng kumain."** Sabi ko at nagpagulong-gulong sa hospital bed.

Muntik pa kong malaglag dahil maliit lang naman ang kama. Pati unan napag-initan ko ng kagat-kagatin.

Narinig ko ang pagbukas ng pinto kaya mabilis akong bumangon.

*Pagkain?*

Akala ko si Kuya na ang dumating. Sabi niya kakausapin lang daw niya doctor namin at aalamin kung pwede na kami umuwi. Nagbilin ako ng pagkain kaya kanina ko pa siya hinihintay.

Nakangiting lumapit sakin si Yuri. **"Bakit ganyan itsura mo?"**

Agad kong tinignan ng masama yung dalawa sa kabilang kama pero kataka-takang tumalikod sila samin at tahimik na kumain. Tumingin sandali si Ella kay Yuri pero mabilis din niyang binalikan si Aries.

*Bakit parang ang awkward?*

Hinarap ko si Yuri. **"Samahan mo nga akong bumili."**

Ngumiti naman siya bago tumango. **"Tara."**

Tumayo ako at hinanap ang tsinelas ko. Mabilis kong sinuot yon ng makita ko mula sa ilalim ng kama. Agad kong hinawakan ang braso ni Yuri at hinatak siya palabas. Pero bago ko isara ang pinto, sinilip ko muna yung dalawa.

Mukang magkaka-roon ng LQ. Ewan ba, hindi pa yata tapos ang usap nilang tatlo.

Anyway highway dahan-dahan kon sinara ang pinto. Hinarap ko si Yuri na takang nakatingin sakin.

**"May nangyari ba? Bakit kailangan mo pa silang silipin?"** Tanong niya sakin at sinumulang maglakad.

Sinabayan ko naman siya. **"Wala. Ang dadamot kasi nila."**

*Saksakan niyo sa baga niyo pagkain niyo. Muka namang hindi masarap.*

Bahagya naman siyang tumawa. Kinwento ko na sa kaniya ang ginawa sakin ng dalawa na yon hanggang sa makarating kami sa canteen. Walang masyadong tao dahil siguro maaga pa.

Kumislap-kislap ang mga mata ko habang kumukurap sa mga pagkain nakikita ko. Ang dami nilang luto at meron pang mga dessert. Lalapit na sana ako para kumuha ng tray pero pinigilan ako ni Yuri.

**"Bakit?"**

Ngumiti siya sakin. **"Pwede mo ba kong ilibre? Wala akong dalang wallet."**

Speaking of wallet. Wala rin pala akong dala. Iba nga naman ang pagkakataon.

*Wala akong pera.*

Tumawa ako ng pilit. **"Mukang hindi masarap ang pagkain dito. Wag na tayo kumain. Mamatay nalang tayo sa gutom."**

Tumawa din naman siya pero yung tawa niya parang tawa ng tuwang-tuwa. Agad akong napasibangot. Mukang pinag-t-tripan ako nitong tukmol na to.

**"Joke lang."** Sabi niya at kinurot ako sa pisngi.

Tinabig ko agad ang kamay niya. **"Ikaw! Naghugas ka ba ng kamay?"**

**"Naghugas po ako."** Sabi niya at pinakita ang dalawang kamay niya sakin.

Napansin ko agad ang kaunting galos na sa tingin ko ay nakuha niya sa pagharap sa grupo ni Sato. Idagdag pa ang maganda niyang kuko.

*Taray! Alagang manicure. Sana all.*

**"Ikaw na maganda kamay at kuko."** Sabi ko at tinignan ang sariling kamay ko.

Parang bigla akong nandiri sa sarili kong mga kamay. Mukang kailangan ko ng tigilan ang pagkagat sa kuko ko. Nauubos na sila—*literal na nauubos*. Ngipin ko kasi ang mismong nail cutter ko.

**"Papautangin nalang kita. Tapos libre mo ko."** Sabi ni Yuri na nagpangiwi sakin.

**"May troma ako sa mga utang-utang na yan."**

*Tang'nang utang yan. Dinaig pa lablayp ko.*

Taka niya kong tinignan. **"Bakit?"**

Hindi ko alam kung alam niyang may utang sakin ang tukmol na Drew na yon. Umiling nalang ako bilang sagot bago lumapit sa display glass cabinet. Tinignan ko yung mga pagkain.

**"Ikaw muna taya. Babawi ako sayo sa susunod."** Sabi ko kay Yuri.

Dinig ko ang mahina niyang pagtawa bago lumapit sa pwesto ko at tumingin din ng pagkain.

**"Kahit wag ka na bumawi. Pagmamahal mo nalang masaya na ko."** Sagot niya ng hindi tumitingin sakin.

Napa-tanga nalang ako sa kaniya. Alam ko namang may feelings pa rin siya sakin. Kayalang kasi may pagkakataon na sobrang komportable ko sa kaniya nakakalimutan ko yung bagay na yon.

*Hay... Kung natuturuan lang ang puso. Malamang college na siya ngayon.*

**"Kumain muna tayo. Mamaya na yang usapang pagmamahal."** Sabi ko at hinanap ang tindera.

Halos sabay pa kaming nagsabi ng order namin. Ilang saglit ang hinintay namin bago iabot samin ang tatlong tray ng pagkain.

Dalawa sakin, isa sa kaniya. Nahiya nga akong dagdagan. Baka isipin niya inuubos ko na ang pera niya. Tsaka hinay-hinay lang daw sa pagkain sabi ng Doctor.

Habang kumakain kami, panay ang kwentuhan namin hanggang sa mapunta ang usapan sa insidente sa grupo ng Gunggong na hapon na yon at sa mga nadamay.

**"Si Rakki, okay na. Wala naman siyang naging troma. Si Mica ino-obserbahan pa ni Calix. Si Ella obviously, hindi humihiwalay kay Aries."** Paliwanag niya at bigla ko naalala yung dalawa kanina pagpasok niya sa kwarto. **"...Si Freya, hindi naman sumasagot sa mga tawag ko. Si Honey naman, kasabay ni Keifer na umalis."**

Napatigil ako sa pagsubo. Umalis na naman ang kumag na yon. Napahigpit ang hawak ko sa kutsara bago mapayuko.

Tukmol kang kumag ka. Matapos akong nakawan ng halik aalisin nalang ng ganun-ganun. May lahi siguro siyang Indian. May paiyak-iyak pang nalalaman. Hindi tuloy mawala sa isip ko na baka panaginip lang talaga yon, tapos yung tubig sa pisngi ko ihi lang pala ng butiki.

*Sana pala tinikman ko para malaman kung luha talaga.*

**"K-kailan sila umalis?"** Halos pabulong kong tanong.

Sandali siyang huminto na para bang may masama akong salita na sinabi. Nagmura ba ko?

Umubo siya sandali. **"Kaninang madaling araw."**

*Pagkatapos ng pagbisita niya sakin?*

Binaba ko ang kutsarang hawak ko at hinarap si Yuri.

**"Kaninang madaling araw—."** Napahinto ako.

Kita ko ang pagtataka sa muka niya pero bakas pa rin ang lungkot sa mga mata.

Hindi yata maganda na sabihin ko sa kaniya ang ginawa ng kumag na yon. Sobrang daming ginawa ni Yuri para sa akin at ang kaya ko nalang gawin ang hindi siya saktan sa abot ng makakaya ko. Kahit alam niya ang totoong nararamdaman ko.

**"P-parang may multo sa kwarto namin."** Sabi ko at pilit na ngumiti.

Meron siyang tinignan sa likod ko. **"Parang yung nasa likod mo?"**

Agad akong napatingin sa likod ko na puno ng takot. Wala naman akong ibang nakita kundi yung babaeng nagpupunas ng lamesa. Hinarap ko ulit si Yuri para sana bweltahan siya pero agad akong napatingin sa kinakain niyang cupcake.

**"Akin yan!"** Inis na sabi ko pero tinawanan lang niya ko.

*Ayos din to. Ulupong talaga.*

**"Para-paraan lang yan."** Sabi pa niya at akmang kukuha na naman sa tray ko.

Hinampas ko agad ang kamay niya. **"Sige, wag ka tumigil. X-ray room ang sunod na distinasyon mo."**

**"Anong gagawin ko sa X-ray room?"**

**"Babalian kita ng buto."** Banta ko pero tinawanan na naman niya ko.

Masaya siya eh. Ganda siguro ng tulog niya.

*Kainggit.*

Sinibangutan ko nalang siya at nagtuloy na sa pagkain. Paminsan-minsan siyang na-ngungulit na sinasakyan ko naman. Parang wala kaming pinag-daanang gulo.

Mas gusto ko ang mga gantong araw. Walang problema. Chill lang. Walang gunggong na magbabanta sakin at ki-kidnapin ako para makaganti sa kung kanino sa mga Ulupong na to.

Wala ring susugod sakin sa kalye o kaya haharangin ako. Wala ring magsasakay sakin sa motor at dadalhin ako sa gotohan. Wala ring punyetang magpapadali sakin ng napaka-ganda kong litrato na may kasamang pagbabanta sa likod.

*Kaso hindi ganon.*

**"May balita ba kay Ram?"** Tanong ko habang nagpapahinga matapos kumain.

Sa tatlong nagbabanta sa buhay ko, si Ram nalang ang natitira. Sana lang talaga siya na ang huli at wala ng hahabol pa.

*Next time ako naman mangingidnap.*

**"Nag-iba sila ng hideout. Naputol din mga koneksyon niya sa ibang gang. Mukang balik na naman sa umpisa sa paghahanap sa kaniya."** Paliwanag niya. **"Nakaramdam yata sa nangyari sa kay Jason at Sato."**

Napabuntong hininga ako. **"So ganun pa rin, kailangan ko pa ring mag-ingat. Hindi man lang ako makagala."**

**"Pwede pa rin naman. Pero mas maganda kung kasama mo na kaming lahat para masiguro ang safety mo."**

Napanguso ako. Paano ko naman mae-enjoy ang pamamasyal kung puro mga Ulupong sila? Malamang na mangunsume lang ako sa mga gagawin nila. Baka sa halip na masiyahan ako, maiyak lang ako sa galit.

**"Maybe after the exams or graduation. Lets have a party. Lets go have some fun somewhere."** Suhestiyon niya.

**"Saan naman?"**

**"Anywhere you wanted."**

Napaisip ako. Maganda yung ideya niya. Tapos isama nalang sila Mica at Rakki para mas masaya. Pero mas sasaya ako kung papayagan ako ni Kuya Angelo.

*Tatakas ako kapag hindi.*

**"Bet kong pumunta ng Palawan o kaya Batanes. Gusto ko rin makita yung malaking krus don sa Bataan."**

**"Pwede rin. Tapos ipapako ka namin don."** Sabi niya at tumawa ng malakas ng iamba ko ang kamao ko sa kaniya.

**"Tado ka rin kausap."** Sabi ko at tumayo. **"Tara nga, balik na tayo."**

Sumunod naman siya sakin. Panay ang pang-aasar niya sakin habang naglalakad. Ewan ba! Iba ang kakulitan niya ngayon. Dati pa naman siyang makulit pero iba talaga ang pang-aasar niya sakin.

Siguro kasi nakaluwag na kami sa problema.

Pagdating namin sa kwarto andon na si Kuya Angelo. Samantalang nag-aayos naman ng gamit si Ella at hindi makita ko si Aries.

**"Kuya, ano meron?"** Tanong ko habang palapit.

Humarap naman sakin si Kuya. **"Nag-bigay na nang go signal ang doctor kaya pwede na kayo umuwi."**

*Yes panessss!*

Sa wakas! Finally! Makakauwi na kami kaya ibig sabihin nito, makakakain na ko ng maayos. Pero nasan ang kapatid kong tukmol.

Nasagot ang tanong ko ng bumukas ang pinto ng banyo. Nakabihis na siya at handa ng umalis hindi kagaya ko na naka-hospital gown pa rin.

**"Ready na ko."** Sabi niya pa at tumingin sakin. **"Ikaw maiwan ka. Kailangan mo daw malipat sa mental. Malala ka na."** Pang-aasar pa niya.

**"Eh?"** Sagot ko at bahagya siyang tumawa.

**"Mag-ayos ka na Jay. Hintayin ko kayo sa labas."** Sabi ni Kuya at naglakad palabas.

Merong nakalimutan si Kuya. Nakalimutan niya yug pagkaing pinapabili ko. Pakabilin pa ko wala naman pala siyang balak sundin.

Nakanguso naman akong lumapit sa bag ko at nanguha ng pamalit. Pumasok ako sa banyo pero narinig ko pang nagpaalam si Ella na mauuna na sa labas. Naiwan si Aries at Yuri na tahimik lang naman.

*Yun ang akala ko.*

Habang nagpapalit ng damit naririnig ko ang boses nila mula sa labas ng banyo. Hindi ko pala naisara ng maayos ang pinto. Wala naman sana akong balak maki-tsismis kung hindi ko lang narinig ang pangalan ko at pangalan ni Ella.

**"Wala ka bang tiwala sa kaniya? Bakit pa kayo nagbalikan kung ganyan ka?"** Tanong ni Yuri kay Aries.

**"That's none of your business, Yuri. Why don't you focus on Jay-jay? Feeling confident because Keifer is not here?"** Parang nang-aasar ang tono ng kapatid kong Horoscope.

Pero bakit kailangan niya pang banggitin ang Hari ng mga Ulupong sa usapan nila? Anong feeling confident? Tingin ba niya ganun pa din kapursige si Yuri sakin?

**"Here or not, I don't give a fvck. Si Jay-jay pa rin ang masusunod sa gusto niya. At least I know I give my best."**

Bahagya akong napangiti sa sinabi ni Yuri. Isang bagay na kinaiinggitan ko sa kaniya. Sana kaya ko ring ibigay ang best ko at tanggapin ang resulta sa huli.

*Best sa kainan lang kasi ang kaya ko.*

Bahagyang tumawa si Aries pero yung tawa niya parang tawa na naiinis.

**"Nasasabi mo lang yan dahil wala siya dito. But how long will your confident last? I heard Hanamitchi is having a hard time."**

Ramdam ko ang tensyon kahit nasa loob ako ng banyo. Hindi ko alam kung tama ba na lumabas nalang ako basta o hintayin ko nalang silang matapos.

**"Our company is still in a good shape. So, I don't know what you're trying to say."**

**"I'm talking about your family."**

*Pamilya?*

Hindi ko maiwasan na hindi kabahan. May nangyari ba sa pamilya niya?

**"News really knows how to fly."** Sabi ni Yuri at bakas ko ang paet sa sinabi niya.

Naging tahimik sila kaya kinuha ko ang pagkakataon para lumabas.

*Bulaga!*

**"Tapos na ko."** Sabi ko at binaba ang pinagpalitan sa kama.

Ngumiti sakin si Yuri pero irap naman ang naging sagot ni Aries.

**"Ayusin mo na ang gamit mo."** Sabi pa niya.

Napanguso lang ako at nilapitan ang bag ko. Nilagay ko na ang mga nakakalat na gamit na karamihan ay mga damit. Napatingin ako sa bedside table. Napansin ko ang cellphone ko at agad yong kinuha.

Wala akong kahit na anong message maliban kay Percy, Ci-N at David na kinakamusta ako at tinatanong kung kailan ako lalabas. Binuksan ko ang conversation namin ng GagongBaliw.

Napakatagal ng huling mensahe niya sakin. Hindi ko alam kung bakit parang may sariling isip ang daliri ko at nag-type ng message para sa kaniya. Kaunti nalang pipindutin ko na sana ang *send*, pero agad nagbago isip ko at binura ang message. Binulsa ko nalang ang phone at kinuha ang bag ko.

**"Tara."** Aya ko at halos sabay silang tumayo.

**"Bagal mo."** Sabi ni Aries at naunang maglakad palabas.

*Eto na naman po siya.*

Kinuha ni Yuri ang bag ko at nakangiting naglakad palabas. Sumunod naman ako at sumabay sa kaniya sa paglalakad.

**"Hindi na kita maihahatid sa inyo. Magpahinga ka pag-uwi mo."** Sabi niya at binigyan ko naman siya ng nakakalukong ngiti. **"Bakit ganyan**

**ka makatingin?"**

**"Wala lang."**

Sinubukan niya kong hawakan pero umiwas ako habang nakatawa.

**"Oy, bakit nga?"** Tanong niya at hinabol ako kaya napilitan akong tumakbo.

**"Wala nga."** Sabi ko tumakbo ng tumakbo.

Nasagi ko pa ang braso ni Aries kaya agad niya kong tinignan ng masama pero hindi pa din ako tumigil. Papalabas na sana ako sa exit ng may mabunggo ako at muntik ng bumagsak kundi lang ako nahagip sa baywang.

**"Ano ka? Bakit ka tumatakbo?"** Tanong ng may hawak sakin na si Percy pala.

Tumayo ako ng maayos at tsaka niya ko binitawan.

**"Nakabihis ka na? Ngayon na ba ang labas nyo?"** Tanong sakin ni Percy.

Tumango ako. **"Sorry hindi kita natext."**

Bahagya siyang tumango. Narinig ko ang pagtawag sakin ni Yuri at paghinto sa bandang likod ko. Tumingin naman si Percy sa kaniya at pinagtaasan siya ng kilay.

*Hindi pa rin talaga sila ayos.*

**"Ikaw pala, Percy."** Sabi ni Yuri.

**"Hindi. Mas gwapo ako sa Percy na yon."** Sagot naman niya na nagpangiwi sakin.

**"Oo, saksakan kasi ng pangit yong Percy."** Sangit ko at gulat na tumingin sakin si Percy.

**"Makapang-lait, maganda ka? Maganda ka?"** Galit na tanong niya habang nilalapit sakin ang muka na may nanlalaki pang mata.

Natawa lang ako habang lumalayo sa kaniya. Kita ko ang pagdaan ni Aries at ang pagsunod ng tingin ni Percy sa kaniya.

**"Baby! Bakit hindi mo ko pinapansin?"** Sabi niya kaya mabilis na tinaas ni Aries ang gitnang daliri niya habang patuloy sa paglalakad. **"May topak na naman. Kulang na naman siya sa aruga."**

Bahagya akong natawa. Kapag narinig siya ni Aries paniguradong magkakaroon ng delubyo. Naramdaman ko ang pag-akbay sakin ni Percy kaya tinignan ko siya.

**"Hatid na kita sa labas."** Sabi niya at bahagya kong nilingon si Yuri na ngumiti lang sakin.

Nagtuloy na kami sa paglalakad palabas at pansin ko ang pagtahimik nitong katabi ko. Parang malalim ang iniisip.

*May isip pala siya?*

Pagdating sa labas nakita ko si Aries na katabi si Ella. Dinig kong sabi niya na pupuntahan nalang daw kami ni Kuya. Alam kong narinig din yon ng dalawa dahil huminto din sila.

Binitiwan ako ni Percy at ginawang sandalan ng siko niya ang ulo ko.

**"Ang tagal naman."** Sabi pa niya na akala mo naman kanina pa naghihintay.

Tinulak ko ang braso niya para umalis sa pagkakasandal sa ulo ko. **"Ano ba?"**

Bahagya siyang tumawa at tumingin sakin. **"Ikaw ah? Umayos ka. Kaya ka napapahamak kasi matigas ang ulo mo."**

Tinuro ko ang sarili ko. **"*Esushme!* Ako pa talaga?"**

Naningkit ang mga mata niya at ngumiti na puno ng yabang. **"Oo nga pala. Kasalanan nga pala to ng mga kaaway ng *kaibigan* mo."** Bahagya siyang tumingin kay Yuri.

*Bakit parang may tensyon?*

May balak bang magsimula ng away ang isang to? Pati si Aries pasimpleng nakikinig kahit hindi nakatingin.

Umubo lang si Yuri at umayos ng tayo. Pero mukang walang balak tumigil tong Percy na to.

**"Kailan kaya sila titigil?"** Dagdag pa niya at tumingin kay Yuri. **"Pati pagpapanggap ng iba dyan. Kailan kaya matatapos?"**

**"P-percy... Ano bang nangyayari?"** Tanong ko at hinawakan siya sa braso.

Pinagtaasan lang naman siya ni Yuri ng kilay. Lalapit na sana Percy sa kaniya pero narinig na namin ang pagbusina ng sasakyan ni Kuya kasunod ng paghinto sa harap lang namin.

Lumapit si Yuri sa compartment para ilagay ang gamit ko at ganun din ang ginawa ni Ella. Pagsara ng non sumakay na sila Aries at naiwan akong kasama sila Percy at Yuri.

Ayoko pang sumakay. Kapag umalis ako malamang na magkaroon ng away sa pagitan nila.

**"Sakay na Jay. Baka topakin si Bossing, ma-admit ka ulit."** Biro ni Percy at ginulo ang buhok ko.

Tinignan ko sila pareho. **"Hindi naman kayo mag-aaway di ba?"**

Ngumiti si Yuri at tumango pero umiwas si Percy kaya agad kong kinurot ang tagiliran niya.

**"*Awtchi*!"** Sabi niya. **"Masakit ah!"**

**"Umayos ka kasi."**

**"Oo na!"** Pabalang niyang sagot habang hinihimas ang tagiliran.

**"Napaka-bagal! Bilisan mo! Panget!"** Sigaw ni Aries mula sa bintana ng kotse.

*Oo na! Lagi nalang nag-mamadali!*

Napilitan akong sumakay na sa kotse ni Kuya pero bago ko pa maisara ang pinto narinig ko pa ang sinabi ni Percy kay Yuri.

**"Gusto mo bang ako pa magsabi kay Aries?"**

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 306

**A/N:** wait there's more. Hahahaha

Wala ring re-read to.

Gumawa kaya ako thread gmit yung A/N: hahahahaha

**School Bukol**

***Jay-jay's POV***

Ayokong pumasok! Alam kong ang haba na ng bakasyon ko mga 3days din. Kayalang wala pa rin akong gana.

Gumawa kaya ako ng excuse letter? Nakalagay 'extended ang hospitalization' ko. Tatanggapin kaya nila yon?

Kayalang baka tawagan nila si Kuya Angelo. Ayun talaga! Paniguradong babalik ako sa ospital. Baka matapyasan na ko ng tenga sa kakapingot niya. Kung namamalo nga siya malamang paga na ang pwet ko kakapalo niya.

*Buti nalang hindi.*

Nakarinig ako ng lagabog sa pinto ng kwarto ko. Yung lagabog na parang masisira ang pinto. Syempre alam ko na kung sino yon.

*Lintik! Daig pa may sunog.*

**"Ang bagal!"** Sigaw niya.

**"Oo na! Ikaw ba magbubukas ng school at kailangan lagi ka maaga?!"** Inis na sagot ko.

Bigla nalang bumukas ang pinto at pumasok ang Horoscope.

*Ay hindi pala naka-lock.*

**"Ano? May sinasabi ka?"** Tanong niya at agad ko namang kinuha ang bag ko.

**"Eto na nga. Alis na tayo. Dapat lagi maaga sa school para makarami. Most factual tayo."** Sabi ko habang naglalakad.

Alam ko namang nakasunod siya dahil ramdam ko ang masama niyang tingin sakin. Malamang na iniisip na niya kung paano ako papatayin.

**"Factual? Baka punctual."**

*Haha mali pala ako.*

**"Oo nga. Medyo bobo tayo sa part na yon."** Sabi ko sabay kamot sa ulo.

**"Bobo ka lang talaga."** Sagot niya at pasimple ko siyang nginusuan.

*Nagsalita ang matalino.*

Hiyang-hiya ako sa kaniya. Sino kayang mulala ang nakidnap kakahanap ng cellphone? Di ba? Shunga din! Kalalaking tao na-kidnap. Puro Ella kasi laman ng utak.

Nakarating kami sa garahe at ngayon ko lang naisip na nakauwi na pala ang kotse niya. Buti pa siya marunong umuwi. Sana hindi all. Kasi nakakatakot ang kotseng marunong umuwi mag-isa.

**"Pwedeng mag-request?"** Tanong ko habang busy sa pagmamaneho tong kapatid ko.

**"Ano?"**

**"Hindi ako papasok, wag mo sasabihin kay Kuya Angelo."**

*Try-try lang. Baka lumusot.*

**"Sige."** Walang buhay niyang sabi.

**"Weh?"** *Parang hindi true.*

**"Wag ka pumasok. Hindi ko sasabihin kay Kuya."**

Napa-palakpak naman ako sa tuwa. Kulang nalang pumalakpak din ang tenga ko. Unti-unting lumawak ang ngiti ko.

**"Ite-text ko nalang."** Dagdag niya na nagpabagsak ng balikat ko at nagpa-urong sa ngiti ko.

Ayos talaga kausap to. Sarap niyang ibalik sa ospital. Banatan ko kaya siya dito tapos sabihin ko mga kalaban niya may gawa. Kapag tinanong kung sino isasagot ko nalang samahan ng mga tukmol at laging gutom.

*Jay-jay gang and corporation.*

Napilitan akong manahimik at isandal ang likod ko. Walang pakikisama tong kapatid ko.

Hindi naman sa tinatamad ako mag-aral pero isa yon sa dahilan—Given na yon parte na ng buhay istudyante yon eh—Pero ang tunay na dahilan talaga ay baka ipatigil ng school ang klase dahil pumasok na ang tunay na dyosa. *Charot.*

*Feeling ko maling gamot ang nasaksak sakin sa ospital.*

Nahihiya kasi talaga ako sa mga Ulupong. Yung inasta ko nung nangangailangan ng tulong ang Hari nila. Matapos niya kong iligtas, itinaboy ko lang siya nung siya naman ang nangangailangan. Napaka-walang kwenta ko sa part na yon.

Huminto ang kotse ni Aries sa parking at halos itali ko na sa leeg ko ang seatbelt para lang wag niya ko palabasin.

**"Dito muna ko."** Pakiusap ko.

**"Labas."** May pagbabanta sa boses niya.

**"Mamaya na."**

**"Tatawagan ko si Kuya."**

Ayun! Nauna pa kong lumabas sa kaniya. Pabalibag kong sinara ang pinto.

**"Bahala ka! Hindi ka bati ni Taurus!"** Sigaw ko at mabilis naglakad paalis.

Napatingala ako sa malaking building sa harap ko bago tuluyang maglakad papasok. Bakit parang hindi ako masaya na nandito na kami sa bagong building? Mas bet ko pa rin sa mukang tambakan na building namin. Kahit puro basura yon masaya don.

Nakasimangot akong pumasok sa building at agad akong pinagtinginan ng mga istudyanteng taga-ibang section.

Eto pang isang problema dito. Tadtad ng kalaban ang buong building, paano kung bigla nalang kaming sugurin ng mga to? Pagtulong-tulungan kami.

Nagtuloy na ko sa hagdan papunta sa floor ng room namin. Hindi pa rin mawala sa isip ko na baka pag-initan nila kami lalo na ngayon na mas malapit na kami sa kanila. Baka mamaya tambakan na naman kami ng basura. O kaya habang naglalakad kami sa hagdan bigla nalang kaming itulak.

Saktong may kasalubong akong dalawang babae na Section B. Nagtatawanan sila at bahagyang nagsisikuhan. Malamang na paraan nila yon para maitulak ako. Mamaya lang lalakas na ang tulakan na yan pagtumapat sila sakin.

*Uunahan ko sila!*

Agad kong pinalipad sa ere ang dalawang kamay ko, sabay taas ng isang paa na parang nanga-ngarate.

**"Hindi niyo ko maaapi!"** Sigaw ko sa kanila.

Halatang nagulat ang dalawa sa ginawa ko at lumayo sakin. Hindi nila inalis ang tingin sakin habang patuloy sa pagbaba sa hagdan.

"*Di ba Section E siya?*"

"*Baliw.*"

Dinig ko pang sabi nila habang nagmamadali makalayo sakin. Hindi siguro sila makapaniwala na naunahan ko plano nila.

*Ako pa!*

Naglakad na ulit ako paakyat ng hagdan. Panibagong grupo ng istudyante ang kasalubong ko. Mga lalaki sila na kung hindi ako nagkakamali ay mga Section D. Mga tunay na kalaban!

Agad kong sinuntok-suntok sa ere ang kamao ko at sumipa na hindi naman abot sa kanila. Gulat na gulat sila na may napaupo pa sa pagkabigla. Ang iba naman napakapit sa katabi.

**"Ano yon?!"** Sabi ng isa sa kanila.

**"Hindi niyo ko kaya!"** Sigaw ko at akmang sisipain sila pero mabilis silang nagtakbuhan.

Magkaka-iba pa ang direksyon nila kaya nagkahiwalay-hiwalay sila.

"*Problema non?!*"

"*Nabaliw na yata.*"

"*Sira-ulo! Sino ba yan?*"

Nawala na sila sa paningin ko. Ang ibang istudyante na nakakita samin ay agad na umalis at umiba ng direksyon. Maganda yan, umiwas kayo sakin.

Dahil naman don, tahimik akong nakarating sa room namin. Akala siguro ng mga yon, magagawan nila ako ng masama. Wais to men, wais!

Handa na sana akong buksan ang pinto ng room namin pero nagdalawang isip kagad ako. Paano kung hindi na pala ako welcome? Paano kung hindi na nila ko tanggap dahil sa ginawa ko sa Hari nila? Pano kung....*haizt!*

*Bahala na.*

Binuksan ko ang pinto. Halos walang pinag-bago sa mga asta nila tuwing papasok ako. Nagkakagulo, nagku-kwentuhan at nagkukulitan. Ayoko mang humakbang papasok, wala akong choice.

Inaasahan ko ng hindi nila ko papansinin o kaya naman paparinggan ng masasakit na salita. Pero paghakbang ng paa ko papasok—.

**"Good morning Jay."** Bati ni Denzel na nakikipag-kwentuhan kay Josh na siya namang tumango sakin bilang pagbati.

**"G-good morning."** Ilang na sagot ko.

Binati nila ko na parang walang nangyari. O baka sila lang yon? Baka ang iba sa kanila galit pa rin sakin.

**"Aga mo Jay."** Bati ni Drew habang naglalakad palapit sa pwesto niya.

**"Hello Jay!"** Bati ni Eren na medyo malakas kaya tumingin ang iba sakin at kumaway.

Ilang kong tinaas ang kamay ko para kumaway din.

**"Jay-jay!"** Masayang bati sakin ni Ci at ngumiti ng labas ang gilagid.

Agad akong lumapit sa pwesto ko at binaba ang bag ko.

**"Bakit ganyan itsura mo?"** Tanong niya. Nahalata siguro niya na hindi ako mapakali.

**"H-hindi ba sila galit sakin?"**

Umiling siya. **"Hindi. Bakit naman sila magagalit?"**

**"Di ba? Y-yung sinabi ko nung kay Keifer?"**

Sandali niya kong tinitigan na para bang pilit inaalala ang mga nangyari non. Mabilis naman siyang napa-tango-tango ng tuluyan na niyang maalala.

**"Yun ba? Okay na yon, naiintindihan naman nila. Pinaliwanag na ni Yuri na may takot ka sa dugo kaya ganun ang naging reaksyon mo."**

Nakahinga ako ng maluwag. Buong akala ko masama ang loob nila sakin dahil don.

Napadukdok naman ako sa table ko. Sobrang nakakapagod tong mga nakaraang araw. Pero mas nakakapagod mag-isip lalo na kung wala naman talagang isip.

*Sakit yata non.*

Napatingin ako kay Ci-N na busy sa mga maliliit na laruan sa table niya. Gusto ko kasing itanong sa kaniya kung may balita ba siya sa Hari nila. Gusto ko sana siyang i-message kaso hindi ko naman alam ang sasabihin ko. Isa pa napaka-desperada ng gagawin ko na yon.

Malalim ang buntong hininga ko pero naudlot ang pag-iisip ko ng may tumalsik na balat ng mani sa table ko. Kinuha ko yon at tinignan. Hinanap ko agad kung saan galing yon at nakita ko naman si Kit na may kinakain. Katabi niya si Mayo na nakatalikod sa gawi ko.

Lumapit ako sa kanila at binalik ang balat ng mani. Ngumiti sakin si Kit.

**"Gusto mo Jay?"** Alok ni Kit.

**"Wag mo bigyan yan."** Singit naman ni Mayo at nilayo ang supot ng mani.

**"Edi wag! Saksak mo sa baga mo!"** Inis na sabi ko.

Mabilis siyang binatukan ni Kit. **"Wala kang karapatan magdamot. Ako may dala niyan."**

Harap-harapan ko siyang pinagtawanan. Halata naman ang inis sakin ng gago—gaga—gago—basta kung ano siya!

Umupo ako sa upuan sa harap ni Kit. Kumuha din ako ng mani at naki-balat-balat. Inipon ko muna sa isang sulok at kapag marami na tsaka ko kakainin. Nakakapagod yung balat-kain-balat-kain. Mas gusto yung balat-ipon-balat-ipon-kain.

**"Ano naman naisipan mo at nagdala ka nito?"** Sabi ko at nagpatuloy sa pagbabalat.

**"Mahilig siya sa mani."** Sabi ni Mayo at ngumiti ng nakakaloko. **"Pero mas bet talaga niya ang hotdog."**

Mabilis na umitsa ang paa ni Kit para sipain sya. Nakatingin lang naman ako sa kanila dahil hindi ko maintindihan kung bakit nadamay ang hotdog sa usapang mani.

**"Masakit ah."** Reklamo ni Mayo habang hinihimas ang tagiliran na tinamaan ni Kit.

**"Lumayas ka nga dito. Sasamain ka sakin."** Banta niya.

**"Bakit ako pinapa-alis mo?"**

**"Sino bang bwisit dito?"**

Bigla nalang ako tinuro ni Mayo.

**"Bakit ako?"** Reklamo ko.

**"Gusto mo ng flashback?"** Sarcastic na tanong niya.

**"Tumigil ka na nga! Tapos na yon. Nakaganti ka na di ba? Sinampal mo siya."** Sabi ni Kit.

**"Kulang pa yon. Dapat dyan mag-asawa sampal binibigay."** Sagot naman niya na nagpatigil sakin.

**"Hindi ka pa rin nakaka-move on? Na-kidnap na ko at niligtas nyo tapos yan pa rin issue mo?"** Seryosong tanong ko.

**"Mayo tumigil ka na."** Singit ni David na nakikinig pala samin.

*Gising pala siya. Kala ko tulog.*

Napatingin tuloy ang ibang malapit samin dahil sa sinabi ni David. Pati si Ci-N tinigil ang paglalaro at tumingin din samin.

**"Masisisi mo ba ko? Laking problema samin ng nangyari."** Sabi ni Mayo.

**"Sakin ba hindi? Baka nakakalimutan mong nasaktan din ako. Sobra-sobra pa nga dahil ang dami niyong trumaydor sakin."**

**"Ikaw nga dapat ang sampalin niya. Dahil sa pang-ga-gago mo sa kaniya."** Singit ni Kit.

Umiwas siya ng tingin pero sinalubong naman siya ni David ng may pagbabanta. Agad syang humarap pabalik sakin. Huminga pa siya ng malalim bago ilapit ang pisngi sakin.

**"Oh ayan na! Sampal na! Gumanti ka na."** Sabi niya habang tinituro ang pisngi.

Inamba ko naman ang palad ko pero sa halip na sampal, tapik lang ang ginawa ko.

**"Okay na yon. Wag mo na isipin. Deserve ko naman."** Sabi ko at tipid na ngumiti sa kaniya.

Kita ko ang paglambot ng tingin niya sakin. Alam ko namang tukmol tong si Mayo pero isa rin naman siya sa nagtatanggol sakin dati. Kahit madalas kaming mag-away.

*Kapour!*

**"Kung inisip ko lang talaga mga sinasabi ko non. Baka hindi kayo nag-away-away."** Sabi ko pa at mabilis akong nginitian ni Kit.

**"Pero malamang na mag-away-away din kami sa huli kapag nalaman na nila ang totoo. Mabuti na rin sakin nang-galing."**

**"Okay na? Wala ng sampalan?"** Sabi ni Mayo.

**"Ako nalang sasampal."** Biglang sabi ni Ci-N na nasa harapan na namin.

Bago pa makasagot ang Mayo tumama na ang palad ni Ci sa muka niya. Tuwang-tuwa pa siya habang pumapalakpak palayo matapos masampal ang kaharap. Sa sobrang gulat walang nakapagsalita samin. Huli ko na rin napansin na gumawa na ng pila ang mga lintik na Ulupong.

"*Pasampal!*"

"*Ako din! Ako din!*"

"*Lakas-lakasan niyo!*"

**"Mga gago kayo—!"** Hindi na natuloy ni Mayo dahil may sumampal na naman sa kaniya.

Sinubukan pang manlaban ni Mayo pero may pinabagong sampal na naman siyang natatanggap. Minsan sa mismong muka pa talaga patatamaan at pati na rin sa noo o kaya sa dibdib.

Tuwang-tuwa naman ang mga Ulupong. Matapos ang sampalan nanlalambot na bumagsak ang ulo ni Mayo sa lamesa.

**"Ang sakit..."** Umiiyak na sabi niya habang nakaharap kay Kit. **"Himasin mo ko. Masakit talaga."**

*Literal na may luha ang lintik.*

Hindi naman siya pinapansin ni Kit. Patuloy pa rin sa pagbabalat at pagkain ng mani tong isa. Siniko ko siya at tinuro si Mayo.

**"Himasin mo daw muka niya."** Sabi ko.

Napasimangot si Kit.

**"Wag sa muka."** Sabi ni Mayo. **"Dun sa baba—."**

Tumilapon si Mayo. Literal. Muntik pa siyang tumama sa kabilang lamesa. Malakas na sipa kasi ang ginawa ni Kit para mapatahimik siya.

Kaso hindi ko naman narinig ang huling sinabi niya kaya hindi ko nalang pinansin. Tinuloy ko nalang ang ginagawa kong pag-iipon pero napatigil ako ng mapansin na nawala ang iniipon kong mani.

Tinignan ko agad ang sahig dahil baka natapon ng hindi ko namamalayan pero wala talaga. Malinis na para bang nahigop ng vacuum.

**"Nakita mo inipon ko?"** Tanong ko kay Kit pero umiling lang siya.

**"Wala sa sahig?"** Balik niyang tanong sakin.

**"Wala."** Sagot ko at tatanoning sana si Mayo na kasalukuyang pinapagpag ang damit kaso nakay Kit lang ang paningin niya kanina pa.

*Tengene! Nasalisihan ako!*

**"Sino nanguha ng mani ko dito?!"** Inis na tanong ko.

Nagtawanan ang mga luko. Akala yata nagbibiro ako. Seryoso ako! Inipon ko yung mani na yon!

**"Sino nga nanguha?! Umamin na!"**

Lalong nagtawanan ang mga lintik na Ulupong.

"*Sinong tirador ng mani dyan?*"

"*Eto si Eren!*"

"*Wala akong kinukuhang mani!*"

**"Kingina! Iniipon ko yon!"**

**"Ilabas niyo na nga yung mani ni Jay-jay!"** Sabi ni Mayo pero naduktongan ng malakas na tawa. **"Dapat yata mani ni Kit. Kay Kit talaga kasi yan. Nanghingi lang si Jay-jay."**

Sunod-sunod na nagtawanan ang mga walanghiya.

**"Ilabas niyo na mani ni Kit."** Sabi ni Eren at tumawa ng sobrang lakas. **"Si Kit may mani. Gago!"**

*Bwisit tong mga to!*

Walang tigil sa pagtawa ang mga luko. Nakita ko ang pamumula ni David habang nakatingin sakin. Mabilis siyang dumukdok ng mapansing nakatingin ako sa kaniya.

Bago pa man ako makapag-mura ng malakas-lakas dumating na si Sir Alvin at nakangiting bumati samin.

Bumalik ako sa pwesto ko ng nakasimangot. Nasayang ang pag-iipon ko sa wala.

**"Nag-e-enjoy naman kayo sa bago niyong room?"** Tanong ni Sir Alvin.

"*Oo sana Sir.*"

"*Lalo na kung bukas ang aircon.*"

Halos sabay-sabay silang tinuro ang malaking aircon sa likod. Muka namang luma na at hindi gumagana. Kaya hindi na rin ako umaasa sa aircon.

**"Ahh yan ba?"** Merong kinuha si Sir sa drawer sa table niya.

Puting remote na tinapat niya sa aircon at pinindot. Bumukas ang aircon at nagsimulang bumuga ng malamig na hangin. Halos sabay-sabay kaming napa-yes. Sobrang presko at hindi na namin kailangan magtiis sa iisang ceiling fan na meron kami sa room namin dati.

**"Andon lang pala ang remote."** Sabi ni Ci-N at napansin kong may nginunguya siya.

Nakita kong may dinudukot siya sa bulsa ng polo niya at diretso sa bibig. Pinagmasdan kong mabuti yon at mabilis na nanlaki ang butas ng ilong ko sa inis.

**"Ikaw ang nanguha, talipandas ka!"** Sabi ko at akmang hahampasin siya pero mabilis siyang umiwas.

Siya pala ang kumuha ng inipon kong mani ni Kit. Kasi hiningi ko lang kaya mani pa rin ni Kit yon.

**"Pahingi lang."** Sagot niya na animong nagpapa-awa.

*Hingi, tapos kinuha lahat.*

**"Ayos ka rin."** Sabi ko at akmang kukuhanin ang nasa bulsa niya.

Napatingin kaming lahat sa pagbukas ng pinto. Pumasok ang Yuri na may magulong buhok. Ang salamin niya, malabo pa ang isang lens. Gusot din ang uniform niya at wala sa ayos.

**"S-sorry po late ako."** Sabi niya at yumuko kay Sir bago dumiretso sa pwesto niya.

Nakasunod ang mga mata ko sa kaniya. Ngayon lang siya na-late ng ganito tapos ganun pa ang ayos niya. Pag-upo niya inayos kagad niya ang buhok niya.

Nagsalubong ang tingin namin ng humarap siya sa gawi ko. Mabilis siyang ngumiti sakin. Hindi ko itinago ang pag-aalala ko sa kaniya pero siniguro niya na okay siya sa pagngiti ng matamis sakin.

Napilitan akong humarap ulit kay Sir kahit marami akong tanong sa kaniya.

**"Ngayon lang siya nagkaganiyan."** Sabi ni David na hindi tumitingin sa kin.

Pasimple akong tumango dahil totoo naman. Hindi ko maiwasan na hindi isipin ang nangyari sa kaniya. Maalaga ang Nanay niya at lagi sinisigurog maayos ang lahat sa kaniya. Madalas kapag pumasok siya maayos ang damit at ang itsura niya tapos dito nalang malulukot ang uniform niya.

*May nangyari kayang hindi maganda.*

**"Wala pa rin ba si Keifer?"** Biglang tanong ni Sir na nagpatalon ng puso ko.

*Tsk! Sir! Don't say bad words!*

Pangalan palang niya ganito na agad epekto sakin. Hindi to maganda! Baka bigla nalang humiwalay ang puso ko sakin sa susunod.

Ayaw ko pang mawalan ng puso.

**"Wala pa Sir."** Sagot ni Felix.

Tumango-tango lang si Sir habang nakatingin sa records niya. Napansin ko agad ang pagsulyap niya sakin at pagsilay ng pilyong ngiti.

**"Ang tagal ding bumalik."** Mahinang sabi ni Sir. **"Ms. Mariano?"**

*Whut?*

**"Ano? Sir?! Bakit ako tinatanong niyo?! Malay ko diyan sa lalaki na yan?! Paki ko sa kaniya! Baka extend ang vacation! Wala akong alam! Dun nalang siya! Bwisit siya! Nakakatuwa nga yon wala ng peste! Baka may babae na yon don kaya hindi maka-alis! Malamang mas masaya siya don! Masaya din kami dito! Happy-happy! Tropa sila ni James Bond!"** Sabi ko at naghabol ng hininga.

Napakamot ako sa ulo. Ang O.A naman yata ng sagot ko. **"Hayaan na po natin baka nagpapahinga lang. May ano kasi—sa ano—likod—may ano—."** Pilit kong tinuturo ang likod ko pero hindi ko masabi ng diretso na nabaril siya.

Malamang kasi na magtanong siya ng magtanong. Mahirap mag-explain.

Napansin ko ang mahinang tawanan ng mga Ulupong at ni Sir Alvin. Napasibangot ako. Ang dami kong sinabi wala namang kinalaman sa tinatanong ni Sir.

*Ano nga ulit tinatanong ni Sir?*

**"Ano nga po ulit yon Sir?"** Tanong ko habang napapakamot sa ulo.

**"Itatanong ko sana kung okay ka na. Kalalabas mo lang ng ospital di ba?"** Tanong niya na may nakaka-asar na ngiti.

Iba pala ang nasa isip ko. Akala ko tungkol kay Keifer ang itatanong niya.

**"O-okay na po. Alive na alive pwede na mag-kicking."**

Nadinig ko na naman ang tawanan ng mga luko. Bahagya kong nilingon ang iba sa kanila. Narinig kong umubo si Felix pero may kasamang salita na agad ko namang naintindihan.

**"Miss *_ubo_* na niya *_ubo_*!"**

Agad ko siyang tinignan ng masama pero malapad na ngiti lang ang sinagot niya sakin.

*Pag-tripan niyo ko mga tukmol kayo!*

**"Hindi ko siya na-mi-miss!"** Depensa ko.

**"Wala naman kaming sinasabing ikaw yon."** Natatawang sagot ni Felix sakin.

**"Nakow! Alam na!"** Sigaw ni Rory at agad silang naghiyawan.

**"Shutanginamers kayo!"** Sabi ko habang pinanlalakihan ko sila ng mata.

Lalo silang nagtawanan at naghiyawan. Tinignan ko si David para sana manghingi ng tulong pero nakikitawa din siya sa mga Ulupong na to.

**"Gutom lang yan Jay."** Sabi ni Eman kaya tumingin ako sa kaniya. **"Gutom sa pagmamahal ni Keifer."** Dagdag niya at tuluyan ng nagwala ang mga mokong na to.

*Mga sira-ulo kayo!*

Bago pa man ako mainis ng husto sa mga pinagsasa-sabi nila, pasimple kong tinignan si Yuri. Hindi ko maiwasan na hindi siya alalahanin.

Pero parang hindi siya apektado. Halata kasing malalim ang iniisip niya. Bukod don tulala siya at hindi na napansin ang pagkahulog ng salamin niya.

**"Tama na yan. Start na tayo."** Sabi ni Sir kaya napilitan akong tumingin sa harap.

Gusto ko pa sana tumingin kay Yuri. Gusto ko siyang lapitan at alamin kung okay lang ba siya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 307

**A/N:** whoopppsss... Last ud. For now.

No re-read. Expect the wrong grammar, spelling ang typo.

**Cafeteria**

***Jay-jay's POV***

**"Sasampalin kita!"** Banta ko kay Ci-N matapos kuhanin ang binigay sakin ni Kit na tinapay.

**"Pahingi lang. Damot."** Sagot niya at mabilis kinagatan ang tinapay bago ibalik sakin.

*Sira-ulo talaga!*

**"Ayoko na nga! Kinagatan mo na!"**

Ngumiti ng malapad ang batang kumag. Labas pa ang gilagid niya. Parang ang sarap niya tuloy bunutan ng ngipin ng walang anistisya.

**"Sabi ko na hindi mo ko matitiis."** Sabi niya at naglakad palabas ng room.

At dahil may dala siyang pagkain agad siyang sinundan ng mga kapwa niya Ulupong.

**"Mamigay! Mamigay! Wag ka madamot!"** Dinig kong sabi ni Eren bago sila magtakbuhan na para bang may hinahabol na kawatan sa labas.

Nakasimangot akong nakatingin sa kanila. Nawalan ako pagkain. Bigay pa naman sakin yun ni Kit. Bumalik nalang ako sa pwesto ni Kit at Mayo.

**"Kit... Meron pa?"** Tanong ko na may halong paawa.

**"Napakatakaw."** Parinig ni Mayo.

*Wow. Coming from you.*

Nakangiwi naman akong tumingin sa kaniya. **"Baka kinuha po ni Ci-N."** Inis na sabi ko.

**"Wala na, Jay."** Singit ni Kit. **"Meron kasi dyang nakikialam ng gamit. Inuumitan na pala ako ng pagkain."**

**"Ay malamang hindi ako yon."** Sagot ni Mayo na tumingin sa ibang direksyon.

Sabay pa kami ni Kit na tumingin sa isa't-isa bago tumingin ng masama sa kaniya. Malakas na sipa ang binigay ni Kit kaya nahulog siya sa upuan.

Mabilis din naman siyang tumayo.

**"Kanina ka pa sipa ng sipa. Nasasaktan na ko ah!"** Inis na sabi ni Mayo.

**"May reklamo ka?"** May halong pagbabanta sa boses ni Kit.

Bumalik si Mayo sa upuan na parang tutang sinigawan ng amo. Umiiling-iling pa siya.

**"Wala po."**

Napilitan akong bumalik sa upuan ko at don magmukmok. Lunch break na pero wala pa rin kaming pagkain. Hindi na makakapag-luto si Eman dahil hindi pwede ipasok ang mga gamit niya dito sa bago naming classroom. Kaya eto kami ngayon at nakatanga.

Naglabas ng pagkain si Kit kanina pero nagkasya lang para samin tapos kinuha pa ng Batang Kumag.

**"Gutom na gutom na ko."** Bulong ko at dumukdok.

**"Ibibili kita."** Dinig kong sabi ni David kaya napatingin sa kaniya.

Hinalungkat niya ang bag ng makita ko siya.

**"Saan? Sa cafeteria? Pangarap mong ma-suspinde?"** Tanong ko.

Binaba niya ang bag at hinarap ako. **"Kesa naman magkasakit ka dahil sa gutom."**

Hawak na niya ang wallet at mukang totoo nga ang balak niya na ibibili ako ng pagkain.

Ngumiti ako sa kaniya. **"Bait naman."**

**"Next time magbaon ka na ulit. Pagbaon mo din ulit ako."** Sabi niya.

Kaya naman pala. Ibibili niya ko ngayon kayalang dapat ipagbaon ko na siya sa susunod. Iba din tong Dabid na to.

**"Mahirap kasi, mabigat sa bag. Alamin nalang natin ulit kung pano maipapasok ang kusina ni Eman dito."**

**"Oo nga, tama si Jay-jay."** Singit ni Blaster na yakap-yakap ang pusa ni Josh na si Edy.

Sinayaw-sayaw niya pa yon na parang baby na nilalaro. Nakatingin lang naman ang pusa samin habang ginagalaw-galaw ang buntot.

**"Luto nalang natin yang pusa. Siopao din yan."** Sabi ni Denzel at akmang kukuhanin ang pusa pero agad siyang binatukan ni Josh.

**"Wag mo nga idamay yang pusa."** Sabi pa niya.

Pinanood namin silang magtalo-talo. Meron lang akong pinagtataka.

**"Pwede pala ang pusa sa building na to?"** Tanong ko habang nakaturo kay Edy.

Agad na napahinto ang mga luko. Sabay-sabay din silang tumingin kay Josh na halatang napaisip din sa tanong ko.

Napakamot siya sa ulo. **"A-ang alam ko bawal talaga."**

Agad niyang kinuha ang pusa at lumapit sa bintana. Binuksan niya yon at nilabas ang kamay na may hawak kay Edy. Sabay-sabay kaming napasigaw ng bitawan niya yon sa labas. Para siyang nagbitaw ng piraso ng papel.

**"Sira-ulo ka Josh!"** Sigaw ni Felix na nagulat din sa ginawa niya. **"Baka ang taas ng floor ng room na to."**

Humarap samin si Josh na para wala lang ang ginawa niya.

**"Ano? Pusa naman yan. Mag-la-land yan na una ang paa."** Sagot niya.

*Gandang katwiran.*

**"Etong tropa niyo na to, malakas ang katok sa ulo."** Sabi ni Drew habang tinuturo si Josh.

**"Nagtaka ka pa. Eh ganun ka din naman."** Sabi ni Denzel.

Bahagya akong natawa sa kanila. Nilingon ko si David pero ganun nalang ang gulat ko ng wala na siya sa upuan niya. Mukang umalis siya ng hindi ko pansin.

*Hindi na rin nagpaalam.*

Binalik ko nalang ang tingin sa mga tukmol. Nagtatalo na sila ngayon kung sinong mas malakas ang katok. Umabot pa sa sukatan ng lakas ng topak.

Hindi ko rin naman masisi si Josh kung bakit niya nadala si Edy dito. Nasanay kasi kami sa dati naming room kung saan lahat pwede kasi walang nagbabawal.

Naputol lang ang pagtatalo nila ng makarinig kami ng matinis na sigaw. Palakas yon ng palakas kaya halos sabay-sabay kaming tumayo para abangan kung ano man yon.

*May sunog ba?*

Hanggang sa pumasok si Eman na may subong pagkain at hawak na coke in can. Kasunod niya si Edrix na may yakap-yakap na tinapay. Si Rory na may dalang malaking Fish Cracker. Huling pumasok si Ci-N na siya palang pinang-gagalingan ng matinis na sigaw.

Nakadikit ang hawak niyang tinapay at bottled coke sa magkabilang pisngi at pabalik-balik na nagtata-takbo sa harap namin.

**"CI-N!"** Sigaw ko para lang patigilin siya.

Sobrang sakit ng tenga ko sa lakas at tinis ng sigaw niya. Daig pa niya yung babaeng hinahabol ng sampung kabayo o kaya naman fangirl na nakita ang idol niya.

Tumigil siya at tumingin samin. Akala ko magsasalita na siya pero sumigaw na naman siya at pa-ulit-ulit na nagtatakbo.

Nakita ko ang paglapit ni Yuri sa kaniya. Mukang naistorbo ang malalim na pag-iisip niya. Binitbit niya sa kwelyo sa batok si Ci at pabagsak na pina-upo sa silya.

**"Aray."** Sabi niya at ngumuso.

**"Sakit sa tenga."** Sabi ni Yuri at hinawakan ang isang tenga.

**"Ano bang nangyayari sayo?"** Tanong ko kay Ci-N at mabilis niyang niyakap ang hawak.

**"Hindi kayo maniniwala."** Singit ni Eren. **"Nakabili kami sa cafeteria."** Pagyayabang niya.

**"Enjoy the suspension."** Sabi ni Eman at nag-cross arm.

**"Hindi kami suspended."** Sabi ni Edrix na ngayon at nakikipag-agawan na ng hawak na pagkain.

*Hirap yata maniwala.*

**"Totoo! Kaya nga nagtatakbo kami pabalik para sabihin sa inyo."** Sabi ni Ci-N. **"Doon nga kumakain si Calix kasama si Mica**. **Si David din nakapila na para bumili."**

*For real?*

Halos sabay-sabay kaming nagtakbuhan palabas ng room. Parang napaka-imposible pero nagawa nilang bumili don. Hindi ko nga alam kung tapos na ba yung usap na *Bawal ang Section E sa cafeteria*.

Dahil sa sabay-sabay naming paglalakad, agad na tumatabi ang mga nasasalubong namin. Sakop na sakop namin ang daan. Hanggang paglabas ng building napapatabi din ang mga istudyante.

Halos sabay-sabay kaming huminto sa tapat ng pinto ng cafeteria. Nagtinginan pa kami.

**"Sinong gustong mauna?"** Tanong ko.

Bigla nalang silang nag-atrasan at naiwan akong mag-isa. Hinarap ko sila at tinignan ng masama.

*Mga animal tong mga Ulupong na to.*

**"Bakit ako? Kalalaki niyong tao mga duwag kayo."** Inis na sabi ko.

**"Ikaw may backer ka. Kaya kapag na-suspinde ka pwede pa paki-usapan. Kami wala."** Sagot ni Blaster.

*May point naman siya.*

Ang tanong, handa bang maki-usap sila Kuya para lang wag ako ma-suspinde? Baka ipa-kick out na niya ko at wag ng pag-aralin ng highschool. Tapos ipapadala ako sa kumbento para magmadre.

Paano yon? Masusunog ako non.

Bigla nalang hinawakan ni Felix ang magkabilang balikat ko at pilit akong pinaharap sa pinto ng cafeteria.

**"Kaya mo yan Jay. Naniniwala kami sayo."** Sabi pa niya sunod tulak.

Muntik pa kong pasubsob sa pinto kung hindi lang ako napahawak agad. Nilingon ko siya at tinignan ng masama pero nag-peace sign lang naman siya.

**"Ladies first kasi."** Sabi ni Mayo at ngumiti ng nakakaloko. **"Ayieh. Ganda-ganda yan. Papasok na yan."**

*Enebe?!*

Ewan ko pero bigla nalang ako natawa. **"Umayos ka nga!"** Kuwaring inis na sabi ko.

**"Gusto mo naman."** Dagdag ni Eman habang tinatawanan ako.

Natuloy sa pang-aasar nila sakin ang pagkubunsi sana na pumasok ako. Napilitan akong pumasok para lang tigilan na nila ko.

Hinakbang ko ang paa ko papasok. Expected ko na pagtitinginan kagad ako at sisitahin lalo na ng mga Section A pero walang nangyari. Tinignan ko pa kung tamang cafeteria ba ang pinasok ko.

Pasimple akong naglakad sa gitna at bahagyang nililingon ang mga istudyante. Pero wala talagang nagbago. Tuloy lang sila sa pagkain, pakikipag-kwentuhan at paglalakad papunta sa destinasyon nila. Nakita ko pa si Calix na masayang kausap si Mica.

*Sila na masaya.*

Hindi ko talaga maintindihan tong nangyayari. Hindi kaya nanaginip lang ako? Parang ang labo kasi talaga na bigla nalang kaming hahayaan na makapasok sa cafeteria. Ang higpit ng rules nila dati na bawal kami dito tapos parang bula na naglaho.

O baka naman may balak sila. Baka balak nila kaming ipahiya dito. Siguro iniisip nilang ipunin kami dito at kapag kumpleto na kami bubuhusan nila kami ng kung ano.

*AHA!*

Agad kong pinalipad sa ere ang mga kamao ko at sumipa ng ilang beses. Pinagtinginan naman ako ng mga istudyante.

**"AYA!"** Sigaw ko pa. **"Hindi niyo kami maloloko!"**

Kahit hindi ako marunong ng karate, magiging karatista ako.

"*Ayan na naman siya.*"

"*Baliw yata talaga yan!*"

"*Yan yung babae kanina di ba?*"

Dinig kong sabi ng mga istudyante kasunod ng tawanan. Pinandilatan ko naman sila ng mga mata.

**"Anong ginagawa mo?"** Tanong ni David habang palapit sakin.

Hindi ko siya pinansin at inamba ko ang kamao ko sa isang lalaking palapit samin. May dala pa naman siyang soup na panigurado kong itatapon niya kay David o sakin.

Halata ang gulat at takot sa itsura niya kaya mabilis siyang lumayo.

*Naunahan kita sa balak mo!*

**"Alerto ka. Mamaya lang may bubuhos na sayo dyan."** Sabi ko at akmang lalapitan ang isang babaeng masama ang tingin sakin pero pinigilan agad ako ni David.

**"Tumigil ka nga."** Sabi niya at hinawakan ang magkabilang braso ko. **"Walang bubuhos ng kung ano sakin dito."**

**"Malay mo. May balak yang mga yan kaya pinapasok na tayo sa cafeteria."**

**"And where did you get that idea?"** Tanong ng kung sino.

Sabay kami ni David na tinignan yon.

*Ayan na! Dala kaya niya ang kapalaran ko?*

Napansin ko agad ang mga mata niyang nakatingin sakin na lumipat sa mga kamay ni David na nakahawak pa rin sa mga braso ko.

**"Kindly remove your hands off my sister."** Sabi niya ng may pagbabanta.

Unti-unti naman siyang bumitaw sakin. Nakayuko naman akong humarap sa kapatid ko.

**"Ano namang pumasok sa isip mo at nangarate ka ng nangarate? Muntik ka pang makatama kanina. What if someone got hurt? Edi nalintikan ka pa."** Sermon niya sakin.

*At least walang tinamaan.*

**"Baka nga kasi... Inu-unahan ko lang."** Sagot ko at pasimple siyang tinignan.

Napansin ko ang mga kaklase niya sa likod niya. Hindi ko alam na malapit lang pala kami sa table nila. Napapailing pa si Ella habang pinapanood kami. Si Freya naman na nakangisi lang sakin.

**"Praning ka. Walang gagawa non."**

**"Hindi rin. Malay mo naman."** Pagpipilit ko.

Malalim ang naging buntong hininga niya. Alam kong nagpipigil lang siya dahil ayaw niya kong sigawan dito. Tinignan niya si David na nasa likod ko.

**"Ikaw na magpaliwanag sa kaniya. Kailangan ko ng umalis. Marami pa kong gagawin."**

**"Sige."** Sagot ni David.

Tumalikod na siya at akmang aalis na pero bigla siyang huminto at humarap ulit sakin.

**"Kung pwede lang. Wag ka ring magwawala sa hagdan. Muntik ka ng ipa-guidance kanina."** Pahabol niya.

*Nakarating din pala sa kaniya yon.*

Magpapaliwanag pa sana ako pero pinandilatan niya ko ng mata kaya inikom ko nalang ang bibig ko at pasimpleng tumango. Tama na ang isang sermon baka malasin ako kapag sumobra pa.

Tinuloy na niya ang balak na pag-alis. Kasunod niya ang mga kaklase niya na halatang inaasar ako sa simpleng pagtawa at pagtingin sakin.

*Sige. Mang-asar kayo!*

Paglabas nila ang siya namang pagpasok ng mga Ulupong. Agad nila kaming nilapitan.

**"Ano? Ano? Anong ganap? Suspendido ka na ba Jay?"** Tanong ni Felix.

Umiling ako. **"Meron yatang dapat ipaliwanag satin si David."**

Sabay-sabay kaming lumingon sa gawi ni David. Nakataas naman ang isang kilay niyang nakatingin samin.

**"Bumili muna tayo."** Sabi niya at pumila para bumili.

Agad naman kaming sumunod sa kaniya. Mabilis lang ang naging pila dahil halos wala ng istudyante. Malapit na din kasing matapos ang lunch break.

Pagkabili, halos sabay-sabay kaming nagtakbuhan pabalik ng building. Pero kinailangan kong bagalan dahil sa dami ng dala ko. Kanda hingal ako pag-akyat sa hagdan. Daig ko pa matandang nirarayuma ang balakang.

Bigla tuloy akong nainggit sa mga Ulupong na to. Napaka-energetic. Paano ba magkaroon niyan? Halos araw-araw kaming magkakasama pero never kong nakitang may ginawan kakaiba ang mga tukmol na yan para lumakas ng ganon.

Halos magkasunod lang kami ni David sa paglalakad. Hindi ko alam kung sinasadya niya bang bagalan ang lakad o tamad lang talaga siya. Kung ano man yon, maraming salamat dahil hindi ako nag-iisa.

Pagdating sa room, kaniya-kaniya na ng kain ang mga luko. Daig pa sumali sa contest ng pabilisan. Huminga muna ko ng malalim para alisin ang hingal.

*Nginang yan! Hirap ng walang exercise.*

Lumapit ako sa table ni Yuri at binaba ang pagkain para saming dalawa. Buti nalang napansin ko na hindi siya sumunod samin kanina. Hindi ko alam kung anong trip niya pero alam kong malaki-laki ang problema niya.

**"Hiningal ako."** Sabi ko matapos ibaba ang pagkiang dala ko. **"Tara kain."**

Nanguha ako ng silya para maupuan. Binatak ko yon at dinala sa harap ng table ni Yuri.

**"Binili mo din ako?"** Tanong niya ng mapansing doble-doble ang mga pagkain sa harap namin.

**"Hindi. Akin lahat yan. Trip kong kumain sa harap mo para inggitin ka."** Sagot ko at ngumiti naman siya habang umiiling. **"Syempre binili kita. Muka kasing wala kang balak kumain."**

**"Wala kasi akong gana."**

**"Hala! Sige! Ikain natin habang nag-uusap. Simulan mo ang kwento."** Sabi ko at sinimulang kumain pero siya hindi pa rin gumagalaw.

**"Sorry, hanggang kain lang ang kaya kong gawin. Next time nalang ang kwento."** Sabi niya at nagpilit ng ngiti.

Napabuntong hininga naman ako. Nag-aalala ako sa kaniya pero ayoko siyang pilitin. Hinayaan ko nalang siyang kumain kagaya ng sinabi niya.

Dahil malapit na matapos ang lunch break sandaling oras lang namin natapos ang pagkain. Syempre! Mga sanay to—sila pala. Kasi mga patay gutom sila.

*Oo, sila lang.*

Napadighay ako matapos uminom ng tubig. Busog na busog ako. Ang bilis ko talagang mabusog sa apat na order ng kanin, piniritong manok at porkchop, siomai at dumplings, cupcakes at cream puffs. Ang kaunti ko talaga kumain.

**"Bitin."** Bulong ko na mukang narinig ni Yuri.

Muntik na siyang masamid dahil sa biglaang pagtawa habang kumakain.

Matalim ko siyang tinignan. **"May nakakatawa ba?"**

Umiling siya at pinagpatuloy ang pagkain kahit mga simpleng pagtawa siyang ginagawa to. Lalo tuloy akong nag-aalala sa kaniya. Tumatawa na siya ng walang dahilan.

*Malala na to.*

Nilingon ko ang mga Ulupong na mukang energetic na naman sa mga kalokohan. Panay kasi sila nagkakagulo. Nagagawa pa din nilang mag-agawan ng pagkain kahit na meron pa silang mga hawak. *Wala namang nagbago.*

Napatingin ako kay Blaster dahil sa mga basurang hawak niya. Lumapit siya sa bintana at akmang doon itatapon ang nasa mga kamay.

**"Hoy! Blaster!"** Sita ko sa kaniya at agad naman siyang lumingon. Tumingin din naman ang mga kapwa niya Ulupong sa kaniya.

**"Gago Pre! Wag mo dyan itapon!"** Sabi ni Denzel at hinawakan siya sa braso para hatakin palayo.

**"Wala na tayo sa dating room natin na kahit saan basurahan."** Sabi ni David kaya napatingin ako sa kaniya.

**"Oy Dabid!"** Tawag ko sa kaniya ng maalala ko na may dapat pa siyang ipaliwanag samin.

Taka siyang humarap sakin. **"Bakit?"**

**"Ano na? Explain mo na kung bakit nakakabili na ulit tayo sa cafeteria."**

Agad na naagaw ang atensyon ng mga Ulupong dahil sa sinabi ko. Tumingin silang lahat kay David na kasalukuyang nakatingin sakin.

Nagkamot pa siya ng kilay bago magsalita. **"May tayo ba?"** Inosente niyang tanong.

*Tang'na rin kausap.*

Binato ko siya ng bote ng tubig na pinag-inuman ko at ganun din ang ginawa ng iba sa kaniya. Nakatawa naman siya habang sinasalag yon.

**"Wala kayo non. At hindi magkakaroon."** Seryosong sagot ni Yuri kay David.

Tinaasan lang naman siya ng kilay nitong isa. Pinagpag niya sandali ang uniform bago kami kausapin.

**"Sabi ng kapatid mo, naaawa daw siya sayo."** Panimula ni David. **"Hindi na daw kasi makakapag-luto si Eman kaya wala ng magpapakain sayo."**

*Ayyeeeiiihhh... Nekeleg nemen eke.*

**"Patay gutom ka pa naman daw. Baka bigla ka nalang magwala dito at mangagat ng tao."** Dagdag niya.

*Ay tengene.*

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa kaya tinignan ko sya ng masama.

**"Ayaw ayusin! Ano ba talaga?"** Inis na tanong ko.

**"Yun nga ang sabi niya."**

Ayos din ang kapatid ko na yon. Hindi talaga niya matiis na magutom ako. Ayaw siguro niya kong pumayat.

**"Kaya tinanggal na niya ang rules na ginawa namin dati?"** Tanong ni Yuri.

**"Oo. He said it's up to us if we still apply that rule but he requested Jay-jay to be an exemption."** Paliwanag no David.

**"Naks! Bumabawi si Kuya."** Komento ni Ci-N habang palihim na inuumitan si David ng pagkain.

Nahuli naman siya kaya agad siyang nakatikim ng amba ng sampal. Nakanguso siyang lumayo at lumapit sakin.

**"Si David ni-aaway ako."** Pabulong ng sabi.

*Kawawa naman. Aping-api ang batang kumag.*

**"Ang tagal na tayong pinahirapan ng rules na yon. Hindi ko na susundin yon. Tangina!"** Inis na sabi ni Drew.

**"Ako din. Tagal kong nagtiis sa gutom."** Dagdag ni Blaster.

**"Wala naman na sigurong pakialam si Keifer sa rule na yon."** Sabi ni Eren. **"Ginawa lang naman yon para kay Ella."** Tumingin siya sakin ng may nakakalukong ngiti. **"Eh wala ng Ella kasi may Jay-jay na."**

Bigla nalang silang naghiyawan. Daig pa nila mga taong gubat sa paghiyaw. Merong pang nag-haha-hampas sa lamesa. Panay naman ang sundot ni Ci-N sa tagiliran ko.

Napasibangot nalang ako at tumalikod sa kanila. Dahil don nasa lubong ko naman ang malungkot na mga mata ni Yuri.

**"W-wag mo nalang silang pansinin."** Sabi ko at ngumiti.

Pinilit niyang suklian yon kahit halata naman na nahihirapan siya.

++Don't forget to Vote, Comment and Share. ++

**Fb Page:** Ang Mutya ng Section E
**Fb Group:** Tropa ni eatmore2behappy
**Author's FB Page:** Lara Flores - eatmore2behappy

*OceanofPDF.com*

# Chapter 308

**A/N:** Maraming salamat sa laht ng bumati kay Ci-N. Si Keifer naman ang aabangan natin.

Thank you Lori Jin!

M

arami pa kong nakita kaso wala na ko time para kolektahin sila. Pero maraming salamat pa rin. Pati na rin sa mga nag-video greet.

Enjoy the update. Expect the wrong grammar and typo.

**Girlfriendsssss**

***Jay-jay's POV***

**"WALANG TATAKAS!"** Malakas na sigaw ko na halos ikapaos ko na.

*Mga hayop tong mga kumag na to.*

**"Lahat tayo maglilinis!"** Dagdag ko pa bago sila makalapit sa pinto.

**"Ang liit ng room na to, tsaka muka pa namang malinis."** Sabi ni Calix habang pasulyap-sulyap sa cellphone. **"Hinihintay na ko ni Mica."**

Dinuro ko siya ng walis tambo. **"Ihahambalos ko sayo to! Mamaya ka na lumandi!"**

Maglilinis nalang ng room tinatakasan pa. Akala mo naman ikamamatay nila. Kamot ulong lumayo sa pinto si Calix.

Pinandilatan ko ng mata yung iba para lumayo din sa pinto. Kumuha ng basahan ang iba at ang iba naman nakiwalis-walis. Si David naman kinuha ang pang-map at timba bago lumabas.

Bantay sarado ko sila. Nakapamaywang pa ko na parang mayordoma sa isang malaking mansyon. At syempre dahil nakabantay ako dapat walang makakaligtas.

**"Hoy Ci-N! Saan ka pupunta?"** Tawag ko sa batang kumag.

Pasimple pa siyang gumagapang palabas ng pinto. Akala yata niya dahil maliit siya hindi ko siya makikita. Agad siyang tumayo st pinagpag ang damit.

**"Susundan ko si David."** Inosenteng sagot niya.

**"Kaya na ni David yon. Dito ka, magpunas ka ng bintana."** Utos ko sabay turo kila Kit na nagpupunas ng bintana.

**"Susundan ko si David."** Pag-uulit niya.

**"Wag na nga!"**

**"Susundan ko si David."**

**"Bakit ba?"**

**"Susundan ko si David."**

Tinignan ko siya ng masama. **"Gusto mo masaktan?"**

Umiling siya. **"Susundan ko si Dabid."**

*Recorded ba sinasabi nito?*

**"Lintik! Puntahan mo na nga! Para kang sirang plaka!"** Inis na sabi ni Felix at inambaan pa siya ng bato ng basahan.

Parang siyang nanalo sa lotto. Mabilis siyang tumakbo palabas. Agad ko namang hinarap si Felix at tinignan ng masama.

**"Bakit mo pina-alis?"**

**"Hindi ka ba naririndi? Paulit-ulit."** Galit na sagot niya sakin.

**"Nagagalit ka sakin?"** Galit din na tanong ko sa kaniya. Pinanlalakihan ko pa siya ng mata.

Agad siyang umiling at nakatawang bumalik sa ginagawa.

*Ayos din mambwisit to!*

**"Walang tatakas ah? Maglinis kayo diyan."** Sabi ko habang tinuturo sila Josh na nakalapit na naman sa pinto.

**"Ang lupet mo samin."** Komento ni Drew.

*Yung utang mo malupet.*

**"May sinasabi?"**

Agad siyang umiling at kuwaring nagtanggal ng agiw. Niligin ko ang paningin at napansin ko na parang kulang sila. Alam kong lumabas sila David at Ci-N. Hindi ko na din binilang yung Hari nila, dahil tanggal na talaga siya sa bilangin.

*Wag na siya babalik.*

Tapos na ang *brriiitttda*y niya at lahat-lahat tapos hindi pa rin nagbabalik ang hudas. Dun nalang siyang hinayupak siya. Bagsakan sana siya ng London Bridge kapag nag-falling down.

Pasalamat siya inaalala ko yung tama ng baril sa likod niya kaya mabait-bait pa ko. Kundi, nako! Pasasabugin ko mga eroplano galing United

Kingdom, masiguro ko lang na hindi na siya babalik dito.

Binalikan ko ang ginagawa kong pagbibilang. Meron talagang nawawala sa kanila.

Napatingin ako sa pinto ng mapansin ko ang pagdating ni Ci-N na ginagawang kabayo ang pang-map at si David na mamasa-masa ang buhok at damit.

*Naligo?*

**"Tapos na ba kayo magwalis? Eto na pang-map."** Sabi ni David at binaba ang timba na may tubig at kaunting sabon.

**"HAAAAYYAAAAA!"** Sigaw ni Ci-N habang kuwaring hinahampas ang pang-map na para talagang kabayo.

**"Sige! Pag-yan nasira. Muka mo gagamitin namin pang-map!"** Inis na sabi ko sa batang kumag bago harapin si David. **"Kumusta ang tubig? Refreshing bang ipaligo?"**

Dinig ko ang mahinang pagtawa ng ibang Ulupong. Pilit niyang pinakalma ang sarili bago sandaling tignan si Ci-N at harapin ulit ako.

**"Kailangan ko pa bang ikwento ang ginawa niya?"** Inis na tanong niya.

Natawa nalang ako ng malakas. Malamang na napag-tripan na naman siya ng Batang Kumag.

**"Wag na. Kawawa ka naman."** Komento ko bago lapitan si Ci.

Pilit kong inagaw sa kaniya ang pang-map. **"Akin na yan!"**

Ayaw pa sana niyang ibigay kundi ko lang siya inambaan ng batok. Nakanguso naman siyang inabot sakin ang kabayo—este pang-map.

**"Pwede na ba umuwi?"** Tanong niya.

Umiling ako. **"Hindi pa kaya tayo tapos."**

**"Bakit si Eren? Nakita ko siyang umalis na."**

Napahinto ako. Kaya pala parang may kulang sa kanila.

*Sinasabi ko na tinakasan ako!*

Muntik ko ng mabalibag ang pang-map kundi ko lang naisip na wala pa kong ipapalit. Bukod don, wala kaming gagamitin ngayon. Wala akong planong ipalit ang pagmumuka ko sa pang-map.

**"Ay hindi pa pala siya umaalis. Yan pabalik na si Eren."** Sabi ni Ci habang nakaturo sa tumatakbong Eren.

Handa na sana akong murahin at buweltahan siya pero naagaw ang atensyon ko ng grupo ng mga babaeng tumatakbo kasunod niya. Halata ang galit sa mga muka nila.

*Mukang may gulo.*

**"Itago niyo ko."** Sabi ni Eren habang taranta sa pagtatago.

Papasok sana siya sa room pero nagbago isip tapos babalik na naman sana pero papasok na naman sa pinto ng room hanggang sa maisipan niyang magtago sa likod ko.

**"Umalis ka dyan! Baka madamay ako."** Pagtataboy ko sa kaniya pero huli na dahil huminto sa harap namin ang mga babaeng mukang malaki ang galit sa kaniya.

**"Hoy ikaw!"** Sigaw ng isa sakin.

**"Hoy ako!"** Gulat na sagot ko.

**"Ikaw ba bagong girlfriend nyang hayop na yan?!"**

Mabilis akong umiling. **"H-hindi no."**

Napansin ko ang paglabas ng ibang Ulupong at ang pagsilip ng iba sa pinto at bintana.

**"Anong nangyayari?"** Tanong ni Yuri na may hawak pang walis tambo.

**"Sopiea. Anong ginagawa mo dito?"** Tanong ni Drew sa isang babae malapit sa kaniya.

**"Hoy Darlyn!"** Tawag naman ni Rory sa isang babae pero inirapan lang siya nito.

**"Elyanna Shielo? Bakit andito ka? Hindi ka naman dito nag-aaral."** Tanong naman ni Kit sa isang babae pero sa halip sumagot nagsimula na siyang umiyak.

**"Bakit andito tong mga to? Pati kapatid ni Hyacinth andito."** Tanong ni Felix kay Eren na nasa likod ko pa rin. **"Pati si Princess Jane, taga kabilang school pa yan."**

**"Si Michaila ba yon?"** Tanong ni Mayo kay Kit.

Gulong-gulo na ko sa nangyayari. Karamihan sa mga babaeng to kakilala din nga mga Ulupong na to pero bakit si Eren ang pinupuntirya nila?

*Parang may hinala na ko.*

Pilit kong hinatak si Eren paalis sa likod ko. **"Harapin mo sila."** Utos ko at parang tuko na kumapit sa braso ko ang walanghiya.

**"Ayoko... Papatayin ako ng mga yan."** Pakiusap niya sakin habang maluha-luha.

**"Babe..."** Sabi ng isang babae habang umiiyak. **"Bakit mo ko niloko?"**

Tumigil kami pareho ni Eren at dahan-dahang hinarap ang mga babaeng masama ang tingin sa kaniya.

**"H-hi Babe."** Sabi niya habang nagpilit ng ngiti.

**"Totoo nga!"** Sigaw ng isang babae at sunod-sunod na nag-iyakan ang iba pa.

Napangiwi ako sa mga reaksyon nila. Anong meron sa salitang *Babe*? Endearment lang naman yon.

**"T-teka lang, Irish Divine."** Awat ni Eren sa babaeng sumigaw *ng 'totoo nga'*. **"Magpapaliwanag ako—."**

**"Walang hiya ka! Hindi ako si Irish Divine!"** Sagot naman niya at ngumawa ng mas malakas.

**"Ay ano... Clarisse pala."** Pagtatama ni Eren.

**"Ako si Clarisse!"** Sigaw ng isang babae mula sa likod.

Napakamot sa batok si Eren at halatang iniisip pa rin ang pangalan ng kaharap.

*Wow. Gaano ba sila kadami at hindi na niya maalala mga pangalan nila?*

**"Diana Kristine."** Sabi ulit niya sa kaharap.

Halatang napipikon na ang babaeng kanina niya pa hinuhulaan ang pangalan.

**"Ako yon! Ano ka ba?!"** Galit na sabi ng isang babae habang nagpapa-padyak.

**"Walang hiya ka talaga!"** Sigaw ng kaharap ni Eren. **"Sa dami naming babae mo, hindi mo na maalala mga pangalan namin! JHULIA ANG PANGALAN KO!"** Galit na dagdag niya bago hampasin ng bag si Eren.

*Ayown! Tama ang hinala ko.*

Mabilis na umawat sila Denzel at Rory sa babae habang nakapagitna sa kanila.

"*Oy! Oy! Teka lang!*"

"*Relax! Aayusin na to.*"

**"Eren! Bakit mo ko niloko?"** Hagulgol niya bago tumigil sa paghampas.

Napaupo na siya sa sahig habang mas nilalakasan pa ang pag-iyak. At parang ayaw magpatalo ng iba dahil mas nilakasan pa nila ang pag-iyak. Daig pa nila mga crying lady sa burol.

**"Jay-jay..."** Bulong sakin ni Ci-N. **"Patay na ba si Eren? Bakit nila iniiyakan?"**

**"Hindi pa naman, pero malapit na. Unahin muna ang iyakan."** Bulong ko din sa kaniya at tumango-tango naman siya.

**"Sabi mo Eren, ako lang ang mahal mo."** Sabi ng isa at napaluhod na.

**"Reyna, wag ka umiyak."** Sabi ng kasama niyang babaeng galit na galit ang tingin kay Eren. **"Hindi worth it iyakan ang mga gagong kagaya niyan."**

**"Walanghiya ka Eren. Todo tanggi kapa na hindi mo katext yung Angel. Totoo naman pala."** Panunumbat nung isang babae.

**"Ako yung Angel!"** Sabi nung isang babae habang nakaturo ang daliri sa sarili. **"Ikaw ang itinatanggi niya. Habol daw ng habol yung Kate Kristine Joy sa kaniya."**

**"Ang kapal mo!"** Sigaw na naman nung isang babae sabay bato ng mamahaling cellphone niya. **"Siguro girlfriend mo din yung Jackie Versoza."**

**"Eh sino yung Jean Jaya at Sophia San Diego sa cellphone mo?"** Tanong nung isang babae sa sulok.

*Napaka-dami!*

Pare-pareho kaming nakatingin kay Eren. Pare-parehong hindi makapaniwala na napaka-rami niyang babae. At pare-pareho din namin siyang gustong kutusan.

**"Kaya pala sabi ni Nezairah at Cyril mag-ingat ako sayo!"**

**"Nilalandi mo nga talaga ang pinsan kong si Vanessa."**

**"Siguro totoo na kinuha mo talaga number ni Rain Jane."**

**"Sino yung Shekina na kausap mo? Babae mo rin?"**

**"Kaya pala parang galit sakin sila Rosilyn at Mikay. Kasi sila din nilalandi mo na."**

**"May nalalaman ka pang may stalker kang Maribel Rael at Bea. Yun pala pinopormahan mo din."**

**"Binalak mo pa talagang ligawan sila Sandy, Gisela at Shaira. Lagot ka sa mga Kuya namin."**

*Ang tindi!*

**"Ang dami! Baka nahiya ka pa, gusto mo dagdagan?"** Sarcastic na tanong ni Felix halatang naiirita sa kaniya.

Sino ba naman kasing matutuwa na parang laruan na kinolekta niya ang mga babae? Dismayado kaming lahat sa kaniya.

Alam ko naman na babaero siya pero hindi ko expect na ganito katindi. Pinag-sabay-sabay niya ang mga babae. At halos hindi na nga niya matandaan ang mga pangalan.

**"Pare, babaero ako dati pero hindi ganyan."** Sabi ni Calix at napailing pa.

**"Para kang nangolekta ng damit."** Sabi ni Blaster.

Napanguso naman si Eren samin. **"Anong magagawa ko? Mapagmahal ako eh."**

*Ay wow.*

**"Ang dami mo naman magmahal."** Inis na sabi ko.

Lumapit siya sakin at humawak na naman sa braso ko. Bubuka palang sana ang bibig niya para magsalita pero sumigaw na ang isa kanila habang nakaturo samin.

**"Sabi ko na! Ikaw ang bagong girlfriend niya!"** Hinarap niya ang mga kasama. **"Siya ang pinalit sating lahat!"**

Galit na galit silang nakatingin sakin. Bigla nalang silang sumugod samin. Agad na humarang sila Yuri at David para tulungan ako pero inabot pa rin ako ng ibang babae.

Si Eren naman nasa likod ko pa rin at ginawa akong panangga. Ang ibang Ulupong naman inawat ang ibang babae pero may kasamang tsansing. Kagaya ni Drew na nakayakap sa bewang ng isang babae mula sa likod at si Blaster naman niyayakap talaga ang mga babae.

**"Walanghiya ka! Ang landi-landi mo!"** Sabi ng isang babae habang pilit akong inaabot.

Salamat kay Yuri na nakaharang sa kaniya hindi niya ko magawang abutin ng tuluyan, pero nagawa pa rin nila kong kalmutin kanina.

*Ang hapdi ng balat ko.*

Dahil hindi makalapit sakin ang ibang babae, ibinunton nila ang galit sa mga nakiki-awat. Lalong nakagulo at malakas na reklamo ng mga Ulupong ang nangingibabaw. Pero ang iba nauwi sa pagsasabunutan na malamang ko ay nagka-initan na dahil sa mga rebelasyong nalaman.

Huli ko na napansin na may mga ibang istudyante palang nanonood.

**"Jay-jay!"** Dinig kong boses ni Ci-N. **"Tulong mo ko!"**

**"Ci-N!"** Sigaw ko at pilit siyang hinanap. **"Saan ka?"**

**"Dito—aray!"** Sigaw niya.

Nakita ko siyang nakaupo sa sahig at sinasabunutan ng isang babae.

**"David! Si Ci-N!"** Sigaw ko sa kaniya sabay turo.

Halatang hindi maka-alis si David dahil sa babaeng hampas ng hampas sa kaniya. Hindi ako alam kung paano pupuntahan si Ci-N. Kapag sumuong ako sa gitna para na rin akong sumuong sa lawa ng buwaya.

*Patay ako nito.*

Tinignan ko si Eren na nasa likod ko. Siya lang ang ginhawa saming lahat. Samantalang siya tong dahilan ng kaguluhan na to.

**"Tulungan mo si Ci-N!"** Sigaw ko sa kaniya.

Todo iling siya sakin. **"Mamatay ako."**

**"Ako ang papatay sayo kung hindi mo siya tutulungan!"** Galit na sigaw ni Yuri.

Medyo nagulat ako sa reaksyon niya pero may punto naman siya. At kung hindi siya ang gagawa baka ako ang tumapos sa buhay niya.

**"Iiihhh..."** reklamo ni Eren.

Mabilis ko siyang sinampal. Hindi yon ganon kalakas pero sapat para gisingin ang kahibangan niya.

**"Tang'na ka! Pupuntahan mo o pupuntahan mo?"** May pagbabanta ang boses ko.

Kahit naiiyak na. Napilitan siyang sumuong sa gitna ng mga nag-aaway. Yumuko at prinotektahan niya ang ulo gamit ang dalawang kamay. Pero hindi pa rin siya nakaligtas sa mga nananakit.

Kalmot, sabunot, sampal at sipa ang natanggap niya bago makalapit kay Ci-N. At nang makita siya ni Ci, agad siyang kumapit kay Eren para makaalis sa kinatatayuan.

Sa sobrang focus ko sa kanila, hindi ko namalayan na may babae na palang nakalusot palapit sakin. Bigla nalang niyang hinatak ang buhok ko.

**"A-araaaay!"** Sigaw ko habang pilit tinatanggal ang kamay niya.

**"JAY!"** Sigaw ni Yuri.

**"Anong meron sayo?! Bakit ikaw ang pinili niya at hindi ako?!"** Sigaw ng babae habang nakasabunot pa rin sakin.

**"Hindi niya ko pinili! Walang kami! Kaklase ko lang yang tukmol na yan!"** Pilit kong paliwanag sa kaniya.

**"Sinungaling!"** Sigaw niya at akmang sasampalin ako.

Parang may sariling isip ang kamay kong sinalag ang kamay niya at hinawi. Dinig ko ang pag-aray niya at dahil din don lumawag ang pagkakahawak niya sa buhok ko. Kinuha ko ang pagkakataon para tanggalin ang isang kamay niya at lumayo sa kaniya.

Sa sobrang bilis ng pangyayari huli na rin niya napansin na nakalayo na ko sa kaniya.

*Yes! Ninja moves.*

**"Ikaw! Hindi pa ko tapos sayo!"** Galit na sabi niya at akmang lalapit na naman.

Sa sobrang taranta ko at takot na rin na makalapit siya, kusang tumaas ang kamao ko para sapakin siya.

*Ay mali!*

Bagsak siya sa sahig. Dumudugo ang nguso at ang ilong.

**"Bakit mo sinapak?!"** Galit na tanong ni Eren.

Dali-dali siyang tumakbo at nilapitan ang babae. Naramdaman ko naman ang pagkapit ni Ci-N sa braso ko. Sandali ko pa siya nilingon, ang mga gasgas niya sa muka at magulong buhok ang una kong nakita.

**"Apple pie! Sinapak niya ko!"** Sumbong nung babae kay Eren at nagsimulang umiyak. **"Ang sakit-sakit!"**

**"Apple pie. Wag na umiyak. Baka lalong lumala."** Sabi ni Eren at pilit naghanap ng ipupunas sa muka ng babae niya.

*Apple pie na nga.*

Huli ko na napansin na tumigil ang lahat sa pag-aaway-away. Halos lahat sila pinapanood si Eren na asikasuhin si *Apple pie*. Kita ko ang inggit at selos sa mga mata ng ibang babae.

Ang tindi nga naman ng impact ng Ulupong na to sa kanila. Niloko na sila at lahat-lahat may tama pa rin sa kaniya.

**"Kasalanan niya!"** Sigaw ng isang babae habang nakaturo sakin.

**"Eh ano ngayon?!"** Sagot ko naman. **"Gusto mo din masapak?!"** Alok ko habang ini-aamba ang kamao ko.

Agad naman siyang tumahimik at lumayo. Maging ibang babae ay lumayo din sakin.

**"Section E?"** Tanong ng kung sino.

Pare-pareho kaming napatingin don na si Sir Alvin pala. Hindi ko maiwasan na hindi mag-aalala at kabahan. Kung nasa dating room pa kami hindi ako mag-aalala. Kaso ibang room na to, ibang building at may batas na sinusunod dito.

Malalim ang buntong hininga niya bago harapin ang isang istudyante sa tabi niya. **"Get their names."** Sabi niya bago kami ulit tignan na puno ng dismaya. **"Clean this mess. I'll wait in the Guidance office."**

Halos sabay-sabay kaming nagulat at hindi matanggap ang sinabi niya. Ganon kabilis kaming ipapa-guidance? Samantalang ang dami naming naka-away sa dati naming room hindi naman kami pinapatawag ng ganon.

**"Sir! Teka lang!"** Tawag ko at tinangka siyang habulin pero isang braso ang humawak sakin para pigilan ako.

**"Tumigil ka Jay."** Sabi ni David at binitiwan ako. **"Kami nalang ang haharap kay Sir."**

Naglakad na siya kasunod ni Sir at ganun din ang ginawa ni Yuri, Felix at Calix.

*Bakit pakiramdam ko iba ang pupuntahan ni Calix?*

**"Anak nang..."** Inis na sabi ko. **"Hindi pa tayo nagtatagal mukang mapapa-alis na tayo dito sa room na to."**

Kaniya-kaniya ng apila ang mga Ulupong. Gusto kong magmura, mga isang dosena. Lintik naman kasi! Nananahimik kami dito, bakit naman kasi ngayon pa nila naisipan na pumunta dito?

Tinignan ko ng masama si Eren na kasalukuyang inaasikaso ang *Apple Pie* niya. Ang sarap nilang hambalusin ng pang-map sa mismong pagmumuka nila. Gawin ko kayang basahan ang muka nila?

**"Apple pie, ang sama niya makatingin."** Sumbong naman nung babae ng makita niya kong masamang nakatingin sa kanila.

Hinarap naman ako ni Eren. **"Ano ba Jay? Nabitin ka pa ba sa pananapak mo?"** Inis na sabi niya.

Agad ko siya inambaan ng suntok. Kundi lang ako pinigilan ni Ci-N aabutin talaga siya sakin.

**"Wag... kawawa naman siya."** Bulong ni Ci.

*Kumusta naman kaya kaming nadamay?.*

**"Ikaw may kasalanan nito!"** Inis na sabi ko sabay turo sa mismong muka ni Eren. **"Dapat kasi doon mo sa labas hinarap ang mga babae mo!"**

**"Jay-jay naman! Natakot ako eh! Ang dami nila!"** Maiyak-iyak na sagot niya.

Nang-gigi-gil ako sa muka niya. Handa naman sana akong tulungan siya kayalang ang putrages, mapapa-alis kami dito dahil sa kabalbalan niya.

**"Paalisin mo na tong mga babae mo! Sa halip na matapos na kami sa paglilinis, nadagdagan pa."** Inis na sabi ni Edrix at hinagilap ang basahan sa sahig.

Ang iba agad na hinanap ang mga hawak nila kanina. Yung mga babae naman ay nagsi-tabi sa sulok.

**"Dapat ikaw maglinis dito! Oh kaya yang mga babae mo!"** Galit na sabi ni Mayo kay Eren sabay bato ng basahan sa paanan ng mg babae.

Agad na nag-atrasan ang mga babae dahil na rin sa takot. Ang iba sa kanila malapit na maiyak.

**"Hala! Yung kabayo—ay pang-map pala."** Dinig kong sabi ni Ci kaya nilingon ko siya.

Hawak niya ang pang-map na hati na ngayon sa dalawa. Nasabunutan ko nalang ang sarili ko dahil sa inis. Magpapalit pa kami ng gamit ngayon.

*Nginang yan!*

**"Alam mo, hindi ako ko-komento tungkol sa mga kalokohan mo."** Mahinahon pero seryosong sabi ni Josh kay Eren. **"Pero ngayon, tangina ka."**

Medyo kinilabutan ako sa pagmumura niya. Hindi naman kasi palasalita yan. Kaya malamang na inis na talaga siya kay Eren kaya ganiyan.

**"Tingin ko mas mabuti kung pauwiin mo na tong mga girlfriendsssss mo."** Mahinahong sabi ni Kit. **"Oh kaya naman sila na maglinis dito. Tutal malakas ang loob nila manira at manakit."**

Tinignan ni Eren ang mga babae niya. Yung iba sa kanila nagawa pang magpaawa pero yung iba nanatiling matapang.

**"Maglinis kayo dito!"** May pagbabantang utos niya sa kanila.

**"Bakit kami susunod—?"**

**"Maghiwalay na tayo!"** Putol niya sa reklamo ng babae. **"Lahat kayo! Mag-break na tayo!"**

Kita ko ang gulat at lungkot sa mga mata nila. Sila pa talaga ang nalungkot sa pakikipag-hiwalay ng Ulupong na to? Dapat nga sila ang makipag-hiwalay dahil sila ang niloko.

*Iba din!*

**"Hindi pwede! Sabi mo mahal mo ko!"** Sigaw ng isa habang umiiyak. **"Ako dapat ang piliin mo!"**

**"Eren! Patatawarin kita! Basta iwan mo na sila!"** Sabi naman ng isa.

**"Ako ang nauna sa kanilang lahat. Kaya dapat ako ang piliin mo!"** Singit naman ng isa habang nakaturo sa sarili.

Literal kaming nakatanga at nakanganga sa kanila. Mangha sa kamandag nitong tukmol na to. Sa kabila ng panloloko niya hinahabol pa din siya ng mga babae niya.

*Hindi ko kinaya.*

**"Pre, talo kagwapuhan mo."** Komento ni Denzel kay Blaster kasunod ng pagtawa.

Siniko naman siya ni Edrix para patahimikin. Nagsisimula na namang mag-iyakan ang mga babae ni Eren. Nagsisimula na ring sumakit ang ulo ko sa kanila.

**"Utang na loob, paalisin mo nalang sila."** Sabi ko pero hindi niya ko pinansin.

**"Mag-linis kayo dito at mamaya tayo mag-usap!"** Inis na sabi niya sa kanila bago tulungan si *Apple Pie* na tumayo.

**"Eren..."** Sunod-sunod na tawag nila na para bang nagtatawag ng milagro sa santo.

*Iba talaga! Gwapo eh!*

Mabilis silang tinalikuran ni Eren kasama si *Apple Pie* na nagawa pang umirap sakin. Susunod pa sana sila ng mga babae niya kundi lang humarang sila Rory sa dadaanan nila.

**"Oy! Oy! Maglinis kayo! Ang galing niyong mang-gulo tapos tatakasan niyo!"** Inis na sabi ni Drew.

Pilit nilang pinapasok sa room ang mga babae ni Eren. Inabutan naman nila ng basahan at walis yung iba. Nakasunod lang ako ng tingin sa kanila.

Hindi maganda ang kutob ko sa pagpapatawag ni Sir Alvin sa guidance. Baka manaya, paalisin na kaagad kami dito. O kaya naman suspindihin kami. Gusto ko talagang sumunod para malaman ang pag-uusapan nila.

Hinarap ko si Ci-N na kasalukuyang pinagdidikit ang nabaling hawakan ng pang-map.

**"Ci-N, susundan ko sila Yuri sa guidance. Ikaw muna bahala dito."** Sabi ko at agad na naglakad.

**"Sige. Pasalubong nalang. Bagong map."** Bilin pa niya bago ako makalayo.

*Pasalubong?*

Pababa na ko ng hagdan ng matanaw ko si David at Yuri na paakyat naman. Kahit nagtataka kung bakit ang bilis nilang makabalik, agad ko silang sinalubong para makibalita.

**"Anong nangyari?"** Tanong ko sa kanila.

**"Ayos na. Kapatid mo na ang nakipag-usap sa guidance counselor at kay Sir Alvin."** Sagot ni David.

*Si Aries?*

Ngumiti naman sakin si Yuri na para bang kinukumpirma ang sinabi ni Dabid. Napakurap-kurap ako.

*Weh? Hindi nga?*

**"S-seryoso?"**

Sabay pa silang tumango bilang sagot. Hindi ko alam kung paanong usap ang ginawa nila pero malaki ang pasasalamat ko sa pag-resulba ng problema.

Kakaiba din bumawi si Aries.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 309

**A/N:** Happy Heart Month.

Happy Birthday to this beautiful people.

Mariel Lorenzana
Antonette Peñafiel
Diana Kristine Sanao
Nika Candar

And Congratulations

Jhazz Czrine

Sa dami ng friend request na inasikaso ko. Nag-hang phone ko. Kaya hanggang dito nalang muna.

Expect the wrong grammar and typo. Thank you!

**Chat**

***Jay-jay's POV***

**"Oy Aries."**

Hindi niya ko pinansin.

**"Oy Aries."**

Hindi pa rin siya lumilingon.

**"Oy Aries."**

Kita ko ang pagsandal niya sa upuan at pagtaas baba ng balikat na para bang malalim ang buntong hininga niya.

Bumalik ulit siya sa ginagawa.

**"Oy Aries."**

Pansin ko ang pagtaas ng kamao niya na mahigpit ang hawak sa ballpen. Malakas din ang naging pagbuga niya ng hangin.

Meron siyang binubulong na hindi ko marinig at maintindihan. Mukang bumubulong na siya ng sumpa para sa akin.

*May sa impakto pala talaga ang lahi namin.*

**"Oy...."** Huminto ako sandali ng sumandal ulit siya. **"....Aries."**

Padabog siyang tumayo at hinarap ako. Agad naman akong rumolyo sa puting kumot niya para magtago kahit alam ko namang alam niya kung nasan ako. Nagmuka tuloy akong *lumpiyang sariw*a sa handaan.

*Ayan na! Tago!*

**"Ano ba?! Nakaka-istorbo ka na!"** Inis na sabi niya sakin.

Hindi ako nagsalita. Kumibot-kibot lang ako na parang uod na naputulan ng katawan at kikisay-kisay.

Naramdaman ko nalang ang pagtulak niya sakin. Sinubukan kong manlaban pero dahil sa nakarolyong kumot nahirapan akong gumalaw. Nawalan din ng saysay yon ng maabot ko na ang dulong bahagi ng kama.

**"Waaggg! Mahuhulog ako!"**

**"That's exactly my plan!"** Sagot niya at hinayaan akong malaglag.

Napa-aray nalang ako ng tumama ako sa sahig. Kahit makapal ang kumot na nakabalot sakin naramdaman ko pa rin ang impact.

Sinubukan kong bumangon para tignan ng masama ang walanghiya.

*Akala mo! Talagang hindi ka bati ni Taurus.*

**"Ikaw pa galit?"** Tanong niya na may halong pagbabanta.

Ngumiti ako ng matamis. **"Hindi. Tuwang-tuwa nga ako eh."**

Tinalikuran niya ko at bumalik sa ginagawa niya. Pinilit ko namang alisin ang kumot na nakabalot sakin. Nang makatayo ng maayos binalik ko sa kama niya yon.

Nakanguso akong lumipat sa bahagi ng kama na malapit sa kaniya. Naupo ako don at pinagmasdan ang likod niya. May gusto akong itanong sa kaniya kayalang ayaw naman niya pa-istorbo.

*Siya na masipag mag-aral.*

**"Oy Ari-."**

**"The fvck!"** Sigaw niya sabay hampas ng palad sa ibabaw ng lamesa. **"Suko na ko. Ano bang kailangan mo?"** Inis niya kong hinarap.

*Naks! Sumuko din.*

**"Tatanong ko lang yung nangyari kanina. Paano mo kinausap ang guidance counselor?"**

**"Edi nagsalita ako. Nakakita ka na ba ng nag-uusap na walang salita?"** Sagot niya at tumalikod na naman.

*Tang'na rin kausap!*

Sa sobrang inis ko inambaan ko siya ng sabunot. Buti nalang at nakapag-pigil ako at baka mauwi kami sa away.

**"Ano ngang sinabi mo? Bakit na-areglo ng ganon?"** Inis na tanong ko at nagpapadyak.

Hinarap niya ko at tinitigan. Napaka-seryoso ng itsura niya kaya tumigil ako sa pag-iinarte. Hinintay ko ang sasabihin niya kaya matagal-tagal din kaming natahimik.

Nagbuntong hininga siya. **"Tinanong ko sila kung gusto ba nila na isang Watson ang kumausap sa kanila."**

Parang may maliit na kamay ang sumampal sa puso ko ng marinig ko ang apilyido niya.

*Ganiyan ang impact.*

**"A-anong sabi nila?"**

**"Ayaw daw nila ng maraming usap dahil sobrang busy ngayon ng mga tao. Kaya pumayag silang kausapin sila Yuri."** Paliwanag niya.

Mabagal akong tumango. Tinamad lang pala sila makipag-usap. Akala ko naman natakot sila kay kumag na Keifer.

**"Yun lang pala."**

**"Okay na? Can I continue what I'm doing before you interrupt?"**

Tinitigan ko siya at ngumiti ng malapad. **"Pwedeng makitulog?"**

Umiling siya. **"Hindi. Go back to your room."** Tinalikuran na naman niya ko.

Nakasimangot akong tumayo at bumalik sa kwarto ko. Pero hindi para sundin ang utos niya. Kinuha ko ang isang unan ko at si Snorlax.

*Mag-sleep over kami.*

Mabilis akong lumakad pabalik sa kwarto ni Aries. Agad naman siyang lumingon ng marinig ang pagsara ko ng pinto.

**"Sabing hindi pwede."** Inis na sabi niya.

Hindi ko siya pinansin at lumapit na sa kama niya. Inayos ko ang mga unan at kumot para sa magiging pwesto namin. Nang matapos, saka ako humiga at ngumiti sa kaniya.

**"Goodnight!"** Sabi ko.

Binaba niya ang hawak na ballpen sa lamesa bago tumayo at dumampot ng unan. Ihahampas niya yon sakin kaya agad kong tinakpan ang ulo ko gamit ang mga braso ko kasunod ng pagsigaw.

**"Masakit!"** Sigaw ko pero wala naman akong naramdamang tumama sakin.

Napansin ko paggalaw ng kama at nang tignan ko, inaayos niya ang hihigaan niya. Napangiti nalang ako ng malapad.

*Hindi rin nakatiis.*

**"Kulit."** Komento niya bago tumayo at bumalik sa table niya.

Kinuha niya ang cellphone niya bago nag-type don. Mukang meron siyang katext. Niligpit din niya ang mga gamit sa lamesa bago lumapit sa kama at ibaba ang cellphone niya don.

**"Maliligo lang ako."** Sabi niya at pumasok sa banyo.

Agad kong dinampot ang cellphone niya. **"Palaro."**

**"Ano ka bata?"** Dinig kong sagot niya.

Hindi ko siya pinansin at binuksan ang cellphone niya. Hindi pa rin pala niya nilalagyan ng password. Napangiwi nga lang ako ng makita ang wallpaper niya.

Silang dalawa habang magkayakap. Todo smile si Ella samantalang tipid na ngiti lang ang kapatid ko pero kahit ganon kita ko pa rin ang kislap ng kasiyahan sa muka niya. Hindi ko nga lang makuha kung nakahiga pa sila o tabingi lang ang kuha at pilit tinuwid sa cellphone.

Hindi ko maiwasan na hindi makaramdam ng inggit. Wala kaming picture ni Aries kahit yata nung mga bata kami. Siguro para sa iba simpleng litrato lang yon, pero para sakin malaking bagay yon. Lalo na ngayon na bumabawi siya sakin, sana magkaroon kami kahit kaunting litrato lang.

Bahagya kong nalayo ang cellphone ng biglang mag-ring yon. Gustong makipag-video call ni Ella.

**"Aries! Yung jowabels mo, video call daw!"** Sigaw ko para sana marinig niya ko pero nangingibabaw ang tunog ng shower.

**"Ano?!"** Sagot naman niya.

**"Jowa mo! Video call!"** Mas malakas na sigaw ko.

**"Hindi kita maintindihan! Kapag tumawag si Ella sagutin mo! Baka mahalaga!"**

*Ay sagutin daw. Edi sagutin.*

Ginawa ko naman ang sinabi niya. Sinagot ko ang tawag at ang makinis niyang muka ang bumungad sakin. Hindi kagaya sakin, butas ng ilong ang unang nakuhanan ng camera.

*Iba talaga pagmaganda. Ilong ang nauuna.*

**["*Jay? Bakit ikaw ang may hawak ng phone ni Aries?*"]** Tanong niya sakin na may halong iritasyon.

**"Naglalaro."** Inosenteng sagot ko.

**["*Pwedeng pakibigay kay Aries ang phone?*"]** Utos niya.

Umiling ako. **"Naliligo siya. May kailangan ka?"**

Kita ko ang iritasyon sa mga mata niya at kulang nalang sunod-sunod siyang umirap sakin.

Sa totoo lang hindi ako natutuwa sa arte niya sakin ngayon. Matagal na kong yamot sa babaeng to, pinapalagpas ko lang. Pero hindi ko palalagpasin yung pinagdamutan niya ko ng pagkain bago kami lumabas ng ospital.

*Yari ka sakin, iinisin kita.*

**"Naliligo pa kasi si Aries, maghahanda siya sa pagtulog naming dalawa."** Sabi ko at ngumiti ng matamis.

**["*Pagtulog niyong dalawa?*"]**

*Ayan na, malapit-lapit na.*

**"Tabi kaming matutulog."** Pagyayabang ko at kita ko ang pag-awang ng bibig niya.

**["*Sa tingin ko hindi magandang magtabi kayo sa higaan. Pareho kayong dalaga at binata. Ano nalang ang iisipin-.*"]**

**"Oy, magkapatid kami. Anong masama don?"**

**["*Kahit na!*"]** Tumaas na ang boses niya.

Mukang napipikon na talaga siya. Gusto kong ngumiti ng malapad at tawanan siya kayalang baka lalong magalit sakin. Dapat sulit ang pambubuska ko sa kaniya.

**"Ang dumi ng isip mo. Wala naman kaming gagawing masama. Magkayakap lang naman kaming matutulog."**

Tuluyan ng lumabas ang pagka-inis niya sakin. Kulang nalang hablutin niya ko mula sa cellphone at makipag-sabunutan sakin.

**["*Alam mo, masyadong mahaba ang araw na to para kay Aries. Marami siyang ginawa at kailangan niyang magpahinga. Hindi makakatulong na dyan ka matulog.*"]**

*Mautak din pero mas mautak ako.*

**"Hindi. Tutulungan ko siya matulog. Imamasahe ko siya. Lalamasin ko ang-."**

**["*Oh my gad!*"]**

**"-ang mga masel niya."** Kuwaring nagtataka ako sa reaksiyon niya. **"Bakit ganiyan ka maka-react? Hindi ko naman hahalayin ang kapatid ko."**

Matalim niya kong tinignan bago siya ngumiti ng peke.

**["*Syempre hindi. Hindi yon magugustuhan ni Keifer.*"]**

*Ay tang'na!*

Bakit kailangan banggitin ang impakto na yon? Hindi yata alam ng babaeng to na masamang salita yon. Personal na ba ang labanan? Hindi talaga papayag matalo ang isang to.

Mas lalo naman ako!

**"Kahit hindi niya magustuhan, wala naman siya magagawa."** May halong pagyayabang ang tono ko. **"At wala akong paki sa kaniya. Kahit magsama pa kayong dalawa."**

**["*Wow, tapang.*"]** Sabi niya na halata namang sarcastic.

**"Oo naman. Kaya wag ka mag-aalala kay Aries. Ako na bahala sa kaniya. Yayakapin ko siya ng mahigpit para hindi siya makawala mamayang gabi."** Sabi ko sabay ngiti ng malapad.

Sandaling tumaas ang isang kilay niya bago bumawi ng ngiti. Sobrang tamis ng ngiti niya feeling ko maaubos siya ng langgam. Sana yung malalaking langgam.

**["*Sige lang, yakapin mo siya. Medyo malikot nga siya matulog, hindi kagaya ni Keifer na kaunti lang ang paggalaw pagtulog.*"]** Sabi niya at kumindat pa.

*Ano? Putang'na paki-ulit nga!*

Napakurap-kurap ako ng ilang segundo. Kung hindi ko na naisip ang plano kong inisin siya malamang niratrat ko na siya ng mura.

**["*Hindi kagaya ni Keifer, mabilis makatulog si Aries kapag walang kayakap.*"]** Dagdag niya pa. **["*Pareho naman silang hindi naghihilik.*"]**

*Tang*

**["*Pero mas mahimbing matulog si Keifer.*"]** Pagpapatuloy pa niya.

*i*

**["*Pareho nilang gustong matulog ng walang pang-itaas.*"]**

*na*

**["*Mas gusto nga lang ni Keifer na patay ang ilaw.*"]**

*mo*

**["*Syempre hindi mawawala ang mahigpit na yakap pag-gising niya.*"]**

*Ella*

**["*At gusto rin pala niya yung hinahalikan siya pagka-gising.*"]** Pahabol niya.

Ang balak ko inisin siya para makaganti sa pagdadamot na ginawa niya sakin pero mukang iba ang nangyari. Mukang iba ang napikon sa sinimulan kong pang-aasar.

**["*Oh bakit? May nasabi ba kong hindi maganda?*"]** Kuwaring pag-aalalang tanong niya.

Pinakatitigan ko siyang mabuti bago kumurap-kurap. Bet kong gasgasan ang makinis niyang muka. Pinanganak yata siyang walang pores.

**"Alam mo?"** Sabi ko at kita ko ang paghihintay niya sa susunod kong sasabihin. **"Mamayang hating gabi."** Tumaas ang isang kilay niya. **"Dadakmain ko yung ano ni Aries."**

Nanlaki ang butas ng ilong niya sa galit at gulat. **["*Yung ano?!*"]**

Narinig ko ang pagbukas ng pinto ng banyo kaya agad kong pinatay ang video call. Lumabas ang Aries na naka-boxer shorts at sandong blue habang nagpupunas ng twalya sa buhok.

**"Anong dadakmain mo?"** Tanong niya habang nakatingin sakin.

*Narinig pala ako.*

**"Narinig mo mga sinasabi ko kanina?"** Balik kong tanong sa kaniya.

Umiling siya. **"Yung huli lang. Kaso hindi ko maintindihan."** Binato niya ang twalya sa isang basket malapit sa pinto ng banyo. **"Ano nga yung dadakmain mo?"**

*Yung ano mo.*

**"Yung kumot mo."** Sagot ko na kinakunot ng noo niya sandali. **"Bakit?"**

Umiling siya bago gulihin ang buhok. Uupo na sana siya sa kama ng may kumatok at bumukas ang pinto. Sabay pa kami ni Aries na tinignan kung sino yon.

*Si Kuya....may ginawa ba kong kasalanan?*

**"*Olah* Kuya!"** Bati ko.

Nangunot ang noo niya ng makita ako. **"Bakit ka nandito?"**

**"Makikitulog."**

**"Whatever."** Sagot niya bago harapin si Aries. **"I need a hand."**

Tumango si Aries at naglakad palapit sa kaniya. Agad akong tumayo para sana sumunod pero pinigilan ako ni Kuya.

**"Si Aries nalang. Manahimik ka dyan at bumalik ka sa kwarto mo, don ka matulog. Nang-iistorbo ka lang."** Sermon niya bago tumalikod at maglakad paalis.

*Napaka-sungit!*

Napangiwi nalang ako. Napailing nalang si Aries bago sumunod sa kaniya. Naiwan akong mag-isa kaya naman nagpagulong-gulong nalang ako sa kama. Napatigil lang ako ng matamaan ko ang cellphone ni Aries.

Mukang hindi na talaga niya dinala. Dahil dyan continue ang pang-aasar kay Ella.

Mabilis kong dinampot ang phone at binuksan ang messenger ni Aries. Balak ko sanang imassage si Ella kayalang baka makita ni Aries at makagalitan ako.

*Isusumpa ako niyan. Horoscope yan.*

Naisipan kong maghanap ng magandang games at maglaro nalang. Aalis na sana ako sa messenger pero may message na biglang dumating galing sa buhay na coloring book. Wala naman sana akong balak pansinin yon ang hindi ko lang maintindihan, kung bakit ganito ang mensahe niya.

'*I need money*'

Nangunot ang noo ko. Nangungutang ba siya? Bakit naman kay Aries siya nangungutang? Hirap na hirap na ba siya at nangungutang na siya? Alam ko na may kaya sa buhay ang babaeng to dahil may sarili siyang kotse.

*Magka-mag-anak kaya sila ni Drew.*

Nagkibit balikat nalang ako at itutuloy ko na sana ang balak ko pero panibagong message ang pumasok galing ulit sa kaniya. Sa pagkakataong to hindi ko na maiwasang hindi basahin ng buo ang message.

'*Keifer is not givin....*'

Putol na ang message. Nangangati ang daliri kong pindutin ang pangalan niya para lumabas ng buo ang message. Kayalang malalaman ni Aries na binasa ko ang message niya. Iisipin din ni Freya na online si Aries.

Kagat ko ang kuko ko habang nagtatalo ang isip ko kung babasahin ba o hindi.

*Bahala na si Batman at Robin. Dalawa na sila para may back up.*

Pinindot ko ang pangalan ni Freya at lumabas ng buo ang conversation nila. Tinignan ko muna ang huling message na dumating.

**Freya:**

***"Keifer is not giving me money anymore. I'm blaming your cousin-turn out sister of yours."***

*BINIBIGYAN SIYA NI KEIFER NG PERA?*

Hindi ko maintindihan kung bakit siya bibigyan ng pera ng Hari ng mga Ulupong. Alam kong pera niya yon at wala akong karapatan na pakialaman yon pero hindi ko pa rin maintindihan.

May kung anong kirot sa dibdib ko. Nanginginig ang labi ko kaya kinagat ko yon. Bahala ng makagalitan ni Aries pero maraming tanong ang isip ko na kailangang-kailangan ng sagot.

Tinignan ko pa ang mga naunang message. Sinubukan kong puntahan ang pinaka-una pero masyadong malayo. Kahit kakaunti lang ang conversation nila-tipong buwan ang pagitan, masyado pa ring malayo.

Hindi pa rin ako tumigil hanggang sa makahanap ng clue o ano mang sagot sa mga tanong ko.

**Freya:**

**"*I have a new car. He gave it to me.*❤"**

**Aries:**

**"*Ano kapalit?*"**

**Freya:**

**"*None. Wala siyang karapatan na manghingi ng kapalit.*"**

**Aries:**

**"*When will you stop?***
***Tigilin mo na si Keifer.*"**

**Freya:**

**"*He promised this to me.*"**

Nabitawan ko ang cellphone at hinilamos ang muka ko. Pati ang kotse niya si Keifer din ang nagbigay.

*Pero bakit? Anong pangako yon?*

Pinagpatuloy ko ang pagbabasa ng conversation nila.

**Freya:**

**"*She's eww.***
***Stop talking to her.*"**

**Aries:**

**"*Walang ginagawa sayo si Ella.*"**

**Freya:**

**"*Nalate ang bagong phone ko na bigay ni Keifer dahil sa kaniya!*"**

**Aries:**

**"*Just stop.*"**

**Freya:**

**"*She's a silent bitch.***
***I can sense her.*"**

Kung hindi ako nagkakamali, eto na yung panahong nasa Section A na si Ella. Kung titignan ko ang date sobrang tagal na ng pagitan ng mga sumunod na message. Para bang once in a blue moon lang talaga sila mag-usap.

**Freya:**

**"*You okay? How's your face?***
***Which is more painful?***
***Keifer or Yuri's fist?*😂**
***Talagang papanindigan mo yan.***
***Pumili ka naman ng disenteng babae.***
***Mas bet mo talaga ang sosyaling palingkera?***
***She's a fvcking social climber.*"**

**Aries:**

**"*One more insult.***
***Baka makalimutan kong kaibigan kita*."**

**Freya:**

**"*Whatever.*"**

Nag-scroll pa ulit ako at naghanap ng mga clue pero parang palayo ng palayo ang mga sagot sa tanong ko. Hanggang sa isang message ang tuluyang bumasag sakin.

**Freya:**

**"*I think I'm pregnant.*"**

**Aries:**

**"*Nagpagamit ka naman sa kaniya?*"**

**Freya:**

**"*Jeez. Stop with the word pagamit.*"**

**Aries:**

**"*When will you learn?***
***Everytime you message me about him***
***I badly wants to puke.*"**

**Freya:**

**"*Parang hindi kayo naging friends.***
***And besides, Keifer said he's ready to supports me, financially.***
***Gawin ko nalang kaya siyang tatay.***
***He will never say no to me.*"**

**Aries:**

**"*Remove your contacts and go to sleep.***
***Sasamahan kita sa doctor bukas*."**

**Freya:**

**"*No need. I can take care of myself.*"**

Napahawak nalang ako sa muka ko. Kusang nagbagsakan ang mga luha ko. Hindi ko alam kung bakit ang bigat sakin ng mga nabasa ko. Kahit hindi malinaw sakin kung si Keifer nga ba ang pinag-uusapan nilang posibleng tatay ng pinagbubuntis niya.

*Pwede ring hindi, dahil sabi ni Freya-gawin nalang niyang Tatay.*

Pero hindi ko pa rin maintindihan. Bakit kailangan niyang makisali sa mga nangyayari kay Freya? Bakit binibigyan niya ng pera ang babaeng yon? Pati ng kotse at cellphone? At alam ni Aries ang mga bagay na yon.

Pinunasan ko ang mga luha ko at pilit pinakalma ang sarili ko. Tinignan ko ang date ng message. Kung hindi ako nagkakamali, eto yung mga panahong engage pa kami ni Yuri at alam na niya na ang tungkol samin ni Keifer.

Wala akong maintindihan. Pilit kong inalam kung may message pa si Freya na tungkol sa pagbubuntis niya pero nakahinga ako ng maluwag ng makita ko ang sinend niyang picture ng result.

*Negative.*

Oo nga at hindi siya buntis pero nasasaktan pa rin ako. Masakit at mabigat pa rin sa dibdib. Gulong-gulo na ko. Paano kung si Freya pala talaga ang gusto niya? Mali yata ako na alalahin si Ella dahil ibang babae pala ang kinahuhunalingan niya.

Napadapa nalang ako kasunod ng pag-iyak. Nahihirapan ako dahil wala akong makuhang sagot sa mga katanungan ko. Kailangan na niyang umuwi para magpaliwanag. Dapat ng tapusin to kung hindi naman pala talaga ako ang mahal niya.

*Bumalik ka ng tukmol ka para masapak na kita!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 310

**A/N:** Happyish Bornday sa Hari ng mga Pesteng Ulupong.

You may not be the perfect guy but for me you're the best ideal guy that I created.

Maraming salamat sa lahat ng mga Tropa na bumati. To celebrate, here's an update.

Expect the wrong grammar and typo. I didn't re-read this. Biglaan kasi.

**Dream**

***Jay-jay's POV***

"***Ibenta nalang natin yan. Para may pakinabang.***"

*Sino yon? Sinong ibebenta nila? Bakit sila nakatingin sakin?*

"***Sira-ulo ka ba? Hindi pa nga ako nakaka-score sa nanay niyan tapos gusto mong dispatsahin ko na.***" Sabi ng isang lalaki at nagsindi ng sigarilyo.

Tumawa ang kausap niya na nagsabing ibebenta daw ako.

"***Ibang klase din ang babaeng yon. Parang hindi nagka-anak. Maganda pa rin ang katawan.***" Sandali silang tumingin sakin. "***Lalaki din ang batang yan kagaya ng Nanay niya.***"

Nagtinginan sila ng may kakaibang ngiti. Nakakatakot sila. Merong binulong yung lalaking may hawak na sigarilyo sa kausap niya. Umalis yung lalaki na yon at naiwan ang lalaking may hawak na sigarilyo. Sinara pa niya ang pinto bago lumapit sakin.

*Sino ka? Wag ka lumapit.*

"***Jay, gising ka. Lipat ka sa kwarto, mainit dito.***"

*Ano? Ayokong lumipat—teka! Bakit kusang gumagalaw ang katawan ko?!*

"***Wala pa si Mama mo, tabi muna tayo.***" Sabi niya at hinawakan ang mga braso ko.

*W-wag mo ko hawakan!*

Tumayo siya at hinawakan ako sa kamay. Kusang gumagalaw ang katawan ko. Nakasunod sa lalaking hindi ko naman kilala. Hanggang sa pumasok kami sa isang madilim na lugar.

*Ayoko! MAMA! ARIES! KUYA! TULUNGAN NIYO KO!*

Bakit walang nakakarinig sakin? Bakit walang boses na lumalabas sa bibig ko? Ano bang nanagyayari? Bakit hindi ko maigalaw ang katawan ko?

*Ayoko nito! Tulungan niyo ko! Please!*

*Keifer.*

**"JAY-JAY!"** Sigaw ng kung sino kasabay ng pag-yugyog sa mga braso at balikat ko.

Dinalat ko ang mga mata ko at ang muka ni Aries, Kuya Angelo at Tita Gema ang bumungad sakin.

**"Gising na siya."** Sabi ni Aries at bahagyang lumayo.

Si Tita Gema ang lumapit sakin at tinulungan akong tumayo. Napansin ko si Tito Julz na nasa pinto at mukang handa ng tumawag sa cellphone.

**"Jay, anong napanaginipan mo? Sabihin mo sakin."** Sabi niya at pinunasan ang muka ko.

Doon ko lang napansin na basa ang mga pisngi ko at tuloy-tuloy na umaagos ang mga luha ko. Ang mga kamay ko—mas tamang sabihin na buong katawan ko ay nanginginig dahil sa kakaibang pakiramdam.

*Ano bang nangyayari?*

Hinawakan ni Tita Gema ang mga kamay ko. Lumapit na rin sakin si Kuya Angelo at naupo ng bahagya para magpantay kami.

**"Okay lang, mag-salita ka."** Mahinahon ang boses niya pero may paniniguro na magiging maayos ako. **"Sige na. Sabihin mo samin."**

Gustuhin ko mang magsalita, hindi ko magawa. Parang nanigas ang dila ko at hindi ako makabuo ng kahit na anong salita. At nang pilitin ko pa, kusang umagos ang mga luha ko at napaiyak nalang ako ng malakas.

Agad akong niyakap ni Tita Gema. At dun na naging malinaw sakin ang kakaibang pakiramdam na nararamdaman ko.

*Sobra-sobrang takot.*

At dahil sa sobrang takot, hindi umaayon ang katawan ko sa gusto kong gawin.

**"Sshh... Okay lang yan. Andito lang kami, walang mananakit sayo."** Sabi no Tita habang hinihimas ang likod ko.

Naramdaman ko ang paghawak ni Aries sa kamay ko. Si Kuya na mas lumapit pa sakin at hinalikan ako sa ulo.

**"Ikukuha ko siya ng tubig."** Sabi ni Tito Julz at lumabas.

Patuloy pa rin ako sa pag-iyak. Hindi ko alam kung saan galing ang panaginip na yon. Pero mas gusto ko kung panaginip nalang yon dahil kahit itanggi ko alam na alam ko na hindi yon basta panaginip lang.

*Bahagi yon ng nakaraan ko.*

Hindi ko maintindihan kung bakit sila bumabalik. Hindi ko na sila kailangang maalala. Ayokong malaman ang mga nangyari sakin kaya kung pwede lang wag na bumalik ang mga yon sa isip ko.

**"T-tita... A-ayoko non. Alisin niyo po s-sa isip k-ko.... Alisin niyo."** Sabi ko kasabay ng patuloy na pag-iyak.

**"Sshh... Hindi na. Nandito lang kami, hindi ka namin pababayaan."** Sagot ni Tita habang patuloy sa ginagawa.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong umiiyak. Nakabalik na si Tito Julz na may dalang tubig at nag-akyat na rin ng pagkain ang mga kasambahay para lang tuluyan na kong mapakalma.

Pero puro prutas lang ang dala nila.

*Gusto ko ng fried chicken*.

Pagkatapos uminom ng tubig, inayos kong pilit ang buhok ko. Barado pa ang ilong ko ng sipon pero maayos na ko—*sa tingin ko.*

**"Makakapag-salita ka na?"** Tanong ni Kuya Angelo.

**"Ayokong pag-usapan Kuya."** Sabi ko at napayuko.

Malalim ang naging buntong hininga niya bago tumayo. **"Sige, magpahinga ka na. Bukas nalang tayo mag-usap."**

Tuluyan na siyang lumabas ng kwarto at ganun din si Tito Julz. Sumunod si Tita Gema matapos siguruhin na magiging maayos na ko. Pinahiga niya ko ulit at kinumutan. Hindi niya pinatay ang ilaw sa lamp.

Ngumiti pa siya sakin bago tuluyang isara ang pinto. Nakakatakot ang katahimikan at nakakatakot din ang tunog ng taong kumakagat ng mansanas.

Nilingon ko si Aries na nakaupo sa dulo ng kama. Nakatingin pa siya sa cellphone niya habang kumakain.

**"Sakin yan."** Halos pabulong kong sabi.

Tinignan niya ko sandali bago bumalik sa ginagawa. **"Go to sleep."**

Tumalikod ako at niyakap si Snorlax. **"Hindi na ko matutulog."**

Ramdam ko ang paghinto niya at pagbaba sa plato sa lamesa. Narinig ko din ang paglalakad niya palapit sakin.

**"Jay."** Tawag niya bago naupo sa tabi ko. **"Pwede mo bang sabihin sakin ang panaginip mo?"**

Umiling ako. **"Ayokong maalala ulit."**

**"Okay then, I won't force you."** Sabi niya at aalis na sana pero hinawakan ko ang braso niya.

**"Dito ka lang."**

Tinitigan niya ko bago tumango. Humiga siya sa kabilang bahagi ng kama.

**"Sobrang sama ba ng panaginip mo at ayaw mo kong malayo sayo?"** May kauting pabiro ang tono niya pero halata namang seryoso pa rin.

Umayos ako ng higa para harapin siya. Hindi man ako nakatingin sa kaniya alam kong nakatitig siya sakin.

*Baka matunaw ako.*

Naging tahimik lang ako kaya pinili nalang din ni Aries na tumahimik. Dahil sa ilaw ng lamp kaya kahit papano naaaninag ko ang kabilang bahagi ng kwarto—*ng horoscope.*

Pinikit ko ang mga mata ko kasunod ng pagkuyom ng kamao ko. Hindi ko maisip kung anong pwedeng nangyari sa madilim na kwarto na yon. Sana hanggang doon nalang ang maalala ko. Sana wag ng bumalik sakin ang mga nangyari noon.

*Noon.*

**"Aries."** Mahinang tawag ko sa kaniya.

**"What?"** Sagot naman niya.

**"Nasan ka non? Nung mga panahong nakay Mama pa ko?"**

Ramdam ko ang paglingon niya sakin. **"Bakit mo tinatanong?"**

Umiling ako. **"Gusto ko lang malaman."**

Medyo may katagalan bago siya sumagot. Para bang inisip muna niya ang mga sasabihin. Natatakot siguro siya na ikagalit ko ang magiging sagot niya.

**"Nandito."** Mahinang sagot niya.

*Alam ko. Gusto ko lang malaman kung naiisip mo ba ko habang nagsasaya ka.*

**"Kasama mo sila?"** Hindi siya sumagot. **"Si Yuri, si Percy at si Keifer."** Hindi pa rin siya nagsasalita.

Malamang na nakatulog na siya. Lagpas hating-gabi na. Hindi ko nga alam kung gaano katagal niyang tinulungan si Kuya Angelo kanina tapos nagkagulo pa dahil sa masamang panaginip ko.

**"Magkaka-kaibigan pa kayo non."** Pagpapatuloy ko kahit alam kong tulog na siya. **"Mga bugok na kumag pa kayo non. Ngayon kumag**

**nalang. Pero si Percy bugok na kumag pa rin. Tapos ikaw bugok na lang—aray!"**

May bigla nalang pumitik sa ulo ko. Nang iangat ko ang paningin ko, salubong ang kilay ni Aries habang nakatingin sakin.

*Ay gising pa pala.*

**"What the hell are you talking about?"** Inis na sabi niya.

Napanguso ako habang pasimpleng kinakamot ang parte ng ulo kong pinitik niya.

**"Wala ka talagang balak matulog?"** Tanong niya at umayos ng higa. **"Sige, matutulog na ko tapos bantayan mo ko. Baka may bigla nalang dumakma."**

Nanlaki ang mata ko ng maalala ko yon. Kumot talaga yon, inaasar ko lang si Ella. Palagay naman niya sakin, manyak? Sa kapatid ko pa talaga. Dumi lang ng isip ang sarap iskobahin.

**"Akala ko ba ikaw ang magbabantay sakin?"** Tanong ko at kinunutan siya ng noo. **"Ganon ginawa mo nung nakaraan."**

Ginamit niyang pandantay ang isang braso. **"Palit naman tayo. Aba, nakakapagod din yon."**

*Ay wow.*

Napangiwi ako sa kaniya. **"Matulog ka na. Babantayan ka ng maganda mong kapatid."** Sarcastic na sabi ko.

Seryoso niya kong tinignan. Nangunot pa ang noo niya at dahan-dahang lumapit sakin.

**"I only have one sibling."** Mas lumapit pa siya sakin. **"At hindi siya maganda."** Sabay pitik sa noo ko.

Sa gulat ko kusa nalang gumalaw ang kamay ko para hampasin siya ng malakas. Nagulat din siya sa ginawa ko. Buong akala ko magagalit siya sakin pero bigla nalang siyang ngumiti.

**"Okay ka na. Nakakapanakit ka na ulit."** Sabi niya kasunod ng pagyakap sakin. **"Matulog ka na. Whatever your dream is about, I'll make sure that it will never happened again."**

Niyakap ko din siya. **"Gustuhin ko mang matulog, hindi ko na magagawa. Ang baho ng kili-kili mo, lakas makagising—aaarrrraayyyy!"**

Kinurot niya ko sa likod. Agad akong napabitaw at parang isda na nawala sa tubig na nagkikisay sa ibabaw ng kama.

**"Ang sakit non!"** Reklamo ko habang pilit inaabot ang likod ko na kinurot niya.

**"Puro ka kalokohan."** Sabi pa niya. **"Pati si Ella dinamay mo sa kalokohan mo."**

Napaupo ako at tinignan siya ng nanlalaki ang mga mata. **"Nagsumbong ba siya? Joke lang naman yon."**

**"Wag mo ng asarin, baka sa susunod mag-away na kayo."** Sabi niya na para bang napaka-seryosong usapin non. **"Ikaw din. Pag-naging pamilya na ka—."**

**"Oh no!  Johnny, Johnny no papa!  "** Pakanta kong sagot at agad niya kong tinignan ng masama. **"Gabi na Aries. Antok lang yan."**

Inambaan niya kong batok kaya agad kong inaharang ang braso ko bilang proteksyon.

**"Ikaw! Lagi ka nalang may sagot. Sana ganyan ka din sa mga exams mo."** Sabi niya bago tumayo at lumapit sa lamesa kung saan niya binaba ang plato na hawak niya kanina.

Kinuha niya yon at inabot sakin. Halos kalahati na lang ang laman at maubos na ang ibang mga prutas.

*Lapastangan tong Horoscope na to, hindi naman para sa kaniya tapos kinain.*

**"Ubusin mo na."**

Kahit hindi niya sabihin gagawin ko talaga. Sinimulan kong lantakan ang natitira sa mga prutas. At kahit may kinakain hindi ko maiwasang hindi isipin ang kapatid ko na to at si Ella. Hindi ko kasi talaga masabi kung mahal ba talaga nila ang isa't-isa. Para bang hindi ganun ka-solid ang relasyon nila.

Walang masyadong reaksyon si Aries. Hindi siya yung tipo ng tao na mag-e-effort ng bongga para sa babae. Tapos madalas pang masungit na para bang pasan ang maraming problema.

*Si Ella? Maldita.*

Meron akong hindi ma-pin point sa babae na yon. Sinabi naman niya sakin na nagkamali siya dati. Akala niya si Yuri pa rin tapos si Aries na pala ang mahal niya. Pero parang may kulang eh.

Pinagmasdan ko si Aries na kasalukuyang inaayos ang hihigaan niya. Wala sana akong balak magtanong tungkol sa kanila pero gusto ko ding malaman.

**"Aries..."** Tawag ko sa atensyon niya pero tuloy pa rin siya sa ginagawa. **"Mahal mo ba si... Ella?"**

Nag-angat siya ng tingin sakin saglit bago bumalik ulit sa ginagawa. **"Hindi ba obvious?"**

Tumango-tango ako. **"Eh ano si Freya sayo? Naging kayo ba?"**

Itinigil niya ang ginagawa. Nagbuntong hininga siya at naupo sa tabi ko.

**"Baka hindi ka maniwala. Freya is like my girl bestfriend. Mas madalas nga lang kaming mag-away kesa magkasundo."** Sagot niya.

*Girl bestfriend?*

**"Next time, wag kang nagbabasa ng conversation ng iba."** Dagdag niya at napaiwas naman ako ng tingin. **"Oh anong nabasa mo?"**

Sinubo ko lahat ng natirang mansanas sa bibig ko. Ayokong sumagot baka makagalitan na niya ako ng tuluyan.

**"You left our conversation open. Kaya kung ano man ang nabasa mo, sabihin mo na sakin para maipaliwanag ko."**

Hindi ko naman sadyang iwan yon. Malay ko bang makakatulog ako agad pagkatapos umiyak ng umiyak.

Kasalanan to ng Dimunyong, pesteng, kumag na Hari ng mga Ulupong! Kasalanan talaga niya! Kasalanan nilang dalawa ni Freya tapos si Ella din. Kasalanan nilang lahat dahil ang landi-landi nila. Hindi ba sila pwedeng mag-jowa ng malayo o kaya ng hindi ko makikilala.

*Ngina kasi! Jowa ng jowa, hindi muna mag-aral.*

**"Magtanong ka na."** Utos niya.

Napakagat ako sa labi. Walang dapat ipaliwanag sakin si Aries dahil hindi naman siya ang may kasalanan. Kaya wala akong itatanong.

Umiling ako kasunod ng pagsubo ng natitirang prutas sa plato. Nginuya ko muna yon bago lunukin at iabot sa kaniya ang plato.

**"Wala akong itatanong. Palagay don."**

Ang sama ng tingin niya sakin bago tanggapin ang plato at ilagay yon sa lamesang pinagkuhanan niya. Nang bumalik siya sa pwesto niya, tuloy higa na siya habang ginawang unan ang isang braso niya.

**"Bahala ka, ikaw din."** May tono ng pangongonsensiya ang sinabi niya.

**"Kung meron man akong itatanong, siguro yung tungkol sayo."**

Napataas pa ang isang kilay niya ng tumingin siya sakin. Umusog ako ng upo at humarap sa kaniya.

**"Nung mga panahong hindi tayo nagkikita dahil galit ka sakin. Anong nangyari sayo?"**

Huminga siya ng malalim at tumutig sa kisame.

**"That incident happened. Nagalit sakin si Keifer, sinubukang pumagitna ni Yuri at Kuya Angelo pero wala din. Maraming nagalit sakin nag-atrasan ang mga investors sa company. I pulled some strings to makes sure that no one will surpassed me because I know people will bully me. Nakilala ko mga kaklase ko, naging kaibigan ko si Rakki, si Freya, naging girlfriend si Ella. Lumala ang sigalot namin then you came and the rest is history."** Paliwanag niya na parang nag-report lang sa klase.

*Wow, dami nangyari.*

**"Bakit ganon ang mga investors? Bakit sila umatras?"**

**"Dahil nga akala ng lahat iniwan ko si Percy. Mabilis nila kong hinusgahan at sinabing masama akong tao. Syempre akala nila kapatid ko si Kuya, dinuktong nila ang nangyari sa pwedeng gawin ni Kuya sa future ng company."**

Napatango-tango ako. Judgemental naman nila. Agad-agad ganon ang gagawin? Bakit iisa ba sila ng ikot ng isip at bituka para malaman nilang ganon din si Kuya Angelo? Wala din sila sa pinangyarihan ng insidente kaya hindi nila alam ang totoong kwento. Makapang-husga, wagas! Dahil ba may mapera sila kaya may karapatan silang gawin yon?

*Hindi ganon yon! Hindi ganon!*

Pero ako, kahit hindi ko alam ang buong kwento, alam kong hindi magagawa ni Aries na iwan si Percy ng ganun nalang.

Mahalaga sa kaniya mga tukmol na step-brother ko na yon, kahit hindi halata. Kaya nga hindi niya ko napupuntahan noong mga panahong kailangan ko siya dahil busy siya sa mga kaibigan niya.

**"Alam kong hindi mo talaga siya iniwan."** Sabi ko at tumingin ulit siya sakin. **"Kasi tuwing binabanggit mo ang aksidente na yon. Ang mata mo, nag-twingkle."**

*Little star.*

Bahagya siyang tumawa. **"What?"**

**"Yung mata mo parang maiiyak tapos pipikit-pikit parang ganto."** Sabi ko at ginaya ang pagkurap ng mga mata niya. **"Kasi kung talagang iniwan mo siya. Hindi malakas ang loob mong sabihin sakin yon at hindi rin lalabas ang sakit sa mga mata mo."**

*Yesss, daming alam.*

Tipid siyang ngumiti sakin. **"Maybe. Where did you get that idea? From Percy?"**

**"Hindi, dati ko ng alam yan. Matalino kaya to."**

Bahagya siyang tumawa. **"Kaya ba hindi ka nagre-review? Exam is just around the corner."** Napahinto ako ng maalala 4th grading exam. **"Tantanan mo na kakatanong mo tungkol sa aksidente. Para kang si Percy, paulit-ulit na binabanggit yan."**

*Yung blue eyes na yon?*

**"Bakit naman?"**

**"Basta. Ang weird niya. Feeling naman niya kakausapin ko pa siya."**

Anong meron at nagtatanong si Percy tungkol sa aksidente? Timang ang isang yon. Baka nakakalimutan niyang silang dalawa ang magkasama kaya kung anong alam ni Aries, ganun lang din sa alam niya.

Tumingin si Aries sa phone niya. Mukang tinignan lang niya ang oras.

**"Wala ka talagang balak matulog?"**

Umiling ako. **"Wala namang pasok bukas, wag ka na rin matulog."**

*Damay-damay na.*

**"Whatever. Gawan mo ng paraan para hindi ako makatulog."** Sabi niya at pinikit ang mata.

Napangiti ako bago padapuin ang kamay ko sa tyan niya para dakmain—este, kurutin ang balat niya. Agad siyang napabangon sa gulat at sakit.

*Edi nagising ka.*

Agad niya kong tinignan ng masama kabang yakap ang sariling tyan.

**"What the hell! What's wrong with you?!"**

**"Ayan! Gising na gising ka na!"** Sabi ko habang nakangiti ng nakakaloko sa kaniya.

Bigla nalang niyang pinalibot ang braso sa leeg ko.

**"A-aray! Bitaw na!"** Reklamo ko habang hinahampas ang braso niya.

Hindi siya sumagot at mas hinigpitan pa ang pagkakasakal sakin. Binitiwan lang niya ko ng mapaubo na ko sa kawalan ng hangin.

**"Puro ka kalokohan."**

*Sino kayang may sabi na gisingin siya.*

Kamot ulo akong tumayo para ayusin ang higaan. Ganun din ang ginawa niya. Nang maayos na balik higa ulit siya at ako naman naupo ulit habang yakap-yakap si Snorlax.

Napansin ko ang pagbaling-baling niya at paglipat na rin ng pwesto. Nang hindi masiyahan, naupo na rin siya at inis akong tinignan.

**"Kasalanan mo to, nawala na ang antok ko."** Paninisi niya.

*Tukmol tong Horoscope na to.*

Sino kaya ang nagpapagising saming dalawa? Tapos ngayon nanisi pa.

**"Oo kasalanan ko. Makasalanan ako eh "** Sarcastic na sabi ko.

**"Ganyan ka din ba sa mga kaklase mo? At kay Keifer?"** Tanong niya habang nakataas ang isang kilay.

**"Wag mo nga binabanggit ang lalaking yon!"** Inis na sagot ko.

**"Bakit bigla ka nagalit—."** Hindi na natapos ang sasabihin. Parang meron siyang naisip at tumingin sakin. **"Dahil sa pinag-usapan namin ni Freya?"**

Hindi ako sumagot. Tumalikod ako sa kaniya kasunod ng paghiga. Wala akong balak alamin ang mga yon. Mas gusto ko kung sa kaniya ko mismo maririnig.

**"Di ba sabi ko ipapaliwanag ko? Magtanong ka na kesa nagkaka-ganiyan ka."** Sabi niya at tinulak-tulak ako gamit ang daliri.

Mabilis hinawi ang kamay niya. **"Ano ba? Sa kaniya ko nalang itatanong."**

Hindi na siya nagsalita pa at pati ako tumahimik na rin. Naramdaman ko ang paghiga niya. May ilang minuto kaming walang kibuan ng magsalita ulit siya. Wala na sana akong balak pansinin pero malaking bagay sakin ang mga sinabi niya.

**"Hindi si Keifer yung lalaki. Hindi siya ang kinababaliwan ni Freya."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 311

**A/N:** Happy Birthday sa mga ka-bday ni Keifer.

Expect the wrong grammar and typo. Antok na antok na ko habang nagt-type. Hahaha

**Real Friendship**

***Jay-jay's POV***

Ano ang resulta kapag wala kang maayos na tulog?

*Banga*g.

Ano ang tawag sa taong walang maayos na tulog?

*Bangager*s.

Ano ang ginagawa ng mga taong walang maayos na tulog?

*Wala sa sarili.*

**"Ano bang ginawa mo kagabi at puyat na puyat ka?"** Tanong ni Percy bago inumin ang kape ko.

*Oo, kape ko.*

Ang kapal ng muka nitong Blue eyes na to. Ipinagtimpla ko kuwari ng kape siya din naman ang iinom.

Napatingin ako kay Felix ng mapansin kong tapos na siya magtimpla ng juice nila. Si Ci-N naman naghahalungkat pa rin ng pwedeng kainin sa refrigerator.

**"Nakipag-kurutan."** Wala sa sarili kong sagot.

Ang aga-aga mangbulabog ng tatlo na to. Akala ko pa naman mapapahinga ako kasi weekend ngayon at walang pasok. Pero hanggang dito ba naman susundan ako ng Ulupong at tukmol.

**"Eto nalang, cake."** Sabi ni Ci at inilabas ang naka-kahon pang cake.

Pumasok ng kusina si Tita kaya nakita agad niya ang hawak ni Ci-N.

**"Nakapili ka na pala, gusto mo ba ng carbonara? Papaluto ako."** Alok ni Tita habang palapit sa batang kumag.

Kita ko ang pagkislap ng mata ng tatlo. Lalo na syempre yung pinaka-matakaw.

*Hindi ako yon.*

**"W-wag na Tita. Nakakahiya."** Sagot ni Percy habang pasimpleng napapangiti.

Hindi siya nakita ni Tita dahil busy na siya sa pangunguha ng sahog at pasta.

**"Okay lang yan. Tagal mo ding hindi dumalaw dito. Kahit sana sandali nakipag-kwentuhan ka samin."** Sagot ni Tita. **"Meron pa pala kaming manok dito, gusto niyo ba ng fried chicken?"**

Kita ko ang malapad na pag-ngiti ni Ci-N at walang habas na pagtango na parang sirang laruan. Pati ang simpleng pag-ngiti ni Felix ay hindi nakaligtas sakin.

Hindi pa rin sila nakikita ni Tita dahil naka-silip siya sa loob ng ref at parang naghahanap pa ng pwedeng lutuin.

**"Nag-almusal ka na ba Jay? May bacon at ham dito. Ipagluluto din kita."**

Bahagya akong nag-inat. **"Ako nalang maglu—."**

Agad na humarap sakin si Tita na puno ng pangamba. Kulang nalang ituro niya kong may sala sa pagpatay.

*Ang sakit niyo naman makatingin.*

**"K-kami nalang siguro nila Manang."** Sabi niya at tinawag ang isa sa mga kasambahay nila.

Dala nila lahat ng kailangan at pumunta sa dirty kitchen. Nang mawala sila sa paningin namin hinarap ako ni Ci na may pang-aakusa.

**"Hindi pa rin sila nakaka-move on sa ginawa mo."** Sabi niya at napanguso naman ako.

Sabay na tumingin sakin si Felix at Percy. Parehong nagtatanong sa sinasabi ng Batang Kumag kaya pasimple kong tinuro ang dating magandang kalan sa kusina.

Mamahalin yon na may kilalang brand. May apat na kalan at oven. Pero ngayon mukang display nalang sa kusina ang ganap niya. Bukod don hindi pa rin nawawala ang marka ng katangahan ko.

*Suuuunnnnooooggggg!*

Isa yong sekreto na dadalhin sana namin ni Ci-N hanggang kamatayan. Pero masyadong madaldal ang batang to.

Pati pader at katabing cupboard may marka pa rin ng madilim na kahapon.

**"Sinunog mo?"** Tanong ni Felix.

Napanguso ako. **"Hindi ko sadya."**

Dinig ko ang mapang-asar na tawa ni Percy. Parang gusto ko tuloy ibuhos sa kaniya ang kapeng iniinom pa rin niya.

**"Taga-kain lang talaga ang role mo sa kusina, ano?"** Sabi pa niya kaya lalo akong nainis.

**"Hindi ko nga sinasadya. Yung isa kasi dyan! Nakikitira nalang ng panahon na yon, kung maka-utos magpaluto wagas!"** Inis na sabi ko habang nakatingin ng masama kay Ci-N.

**"Sumunod ka naman."** Sagot naman niya.

**"Nakakahiya naman kasi sayo—."**

**"What the hell."** Mahinang komento ng kung sino kaya pare-pareho kaming napalingon sa pinto ng kusina.

*Si Kuya Angelo.*

**"Good morning Kuya."** Bati ko sa kaniya.

**"Boss."** Bati naman ni Percy.

**"Good morning po."** Bati naman ni Felix.

**"Kuya!"** Masayang bati ni Ci-N.

**"Good morning din."** Seryosong bati naman niya samin. **"Ang ingay niyo. Kumain na ba kayo?"** Tanong niya habang palapit sa ref.

**"Nagluluto palang si Tita."** Sagot ko.

Binuksan niya ang ref at kumuha ng dalawang chuckie. Sinara niya yon at tuloy-tuloy na naglakad. Nagawa pa niyang tapikin ang balikat ni Percy bago tuluyang maka-alis.

Walang kumibo samin kahit nakalabas na siya ng kusina. Hanggang sa maubos na ang kape, ang juice at ang cake wala pa ring nagsasalita.

Mukang totoo na may dumaang anghel, pero mukang demenyo. Hindi ko sasabihing si Kuya Angelo yon.

*Joke lang. Labs ko yan si Kuya.*

Sa totoo lang hindi ko alam kung bakit nandito ang tatlo na to. Ginising ako ni Kuya at sinabi sakin na may bisita daw ako. Ayoko sana bumangon dahil madaling araw na kami natulog ni Aries pero baka magalit si Kuya kaya hinarap ko na.

Si Felix at Percy lang ang nakita ko nung una pero pagpunta namin ng kusina, nakaharap na sa ref ang Batang Kumag habang kausap si Tita Gema.

At home na at home ang mga ugok na naki-alam sa kusina. Daig pa nila may-ari ng bahay sa paghahanap ng maka-kain.

**"Bakit nga pala kayo nandito?"** Basag ko sa katahimikan.

Si Ci-N ang unang sumagot. **"Tinext ako ni Felix."**

Agad na lumingon si Percy sa kanila. **"Sinasabi ko na. Bakit mo ba tinext yan? Hindi naman yan kailangan dito."**

Agad na ngumuso sa galit ang Batang Kumag. **"Paki mo! Nag-worry ako kay Jay-jay, bakit ba?"**

**"Worry-worry? Magpalaki ka muna, bansot!"**

**"Patule ka muna, supot!"** Sagot naman ng isa.

Dali-daling tumayo ang Percy. Akala ko susugurin niya si Ci kaya hinawakan ko siya sa damit pero napansin ko ang pagtanggal niya ng sinturon. Mabilis kong tinakpan ang mga mata ko.

**"Ang kulit mo! Papakitaan kita!"** Sabi niya habang nadidinig ko ang ingay ng bakal ng sinturon niya.

**"Tumigil ka nga!"** Sita ni Felix.

**"Jay? Gaano kadaming—SUSMARYOSEP!"** Dinig kong sigaw ni Tita Gema kaya agad kong binaba ang mga kamay ko para tignan.

**"S-sorry! Tita! Hindi ko sadya!"** Sigaw ni Percy habang tarantang binabalik ang sinturon.

**"Ay bastos! Buti nga!"** Mapang-asar na sabi ni Ci.

**"Ayaw mo tumigil eh, buti nga sayo."** Sabi ni Felix habang napapailing.

Agad na tumalikod si Tita at naglakad pabalik sa dirty kitchen. Mabilis kong binatukan si Percy. Tinignan niya ko ng masama pero inambaan ko ulit siya batok.

**"Hindi ko naman sinasadya. Malay ko bang papasok siya."** Paliwanag niya. **"At least alam niyo ng hindi supot at may ipagmamalaki ako."**

**"Wala kaming nakita."** Sabi ni Ci.

**"Si Tita meron. She felt amaze and she can't hold it that's why she called the Holy family."** Mayabang na sagot nitong tukmol kong step brother habang tumataas-taas pa ang kilay.

**"Kapal."** Parinig ng Batang Kumag bago naglakad papuntang dirty kitchen.

**"Oy! Oy! Maghintay ka dito! Manlalamang ka na naman."** Habol sa kaniya ni Felix.

Naiwan kaming dalawa nitong tukmol na to. Sesermonan ko sana siya sa ginawa niya pero bigla nalang naging seryoso ang itsura niya.

**"When Angelo contact me this morning, I got scared and worried. Akala ko may masamang nangyari na sayo."** Sabi niya bakas ang pag-alala sa boses niya.

**"B-bakit ka tinawagan ni Kuya?"**

*Parang alam ko na ang sagot.*

Bakit kailangan pa niyang tawagan si Percy? Hindi ba pwedeng samin nalang ang mga yon? Para namang may magagawa ang step brother ko na to sa napanaginipan ko.

**"Please tell me. Kung hindi mo masabi sa kanila, subukan mong sabihin sakin. You trust me, right?"** Sinubukan niyang hawakan ang kamay ko pero agad kong iniwas yon.

Umiling ako. **"Ayoko ng maalala."**

*Tama na!*

**"Jay, I know your scared—."**

**"Wag mo kong pilitin."** Sabi ko at nagsimulang mamuo ang luha sa mga mata ko. **"Tama na. Ayoko ng isipin yun."**

Mabilis niya kong niyakap ng mapansin ang pagbagsak ng mga luha ko. Mahina akong umiyak sa mga bisig niya.

**"Sshh... Hindi na kita pipilitin. Tama na."**

**"Ayoko ng maalala yon. Nakakatakot."** Bulong ko.

**"Nag-aalala lang kami. Hindi magandang kimkimin mo mag-isa lahat."** Paliwanag niya.

Hindi ko alam kung hanggang saan ang alam ni Percy tungkol sa nakaraan ko. Pero hindi na ko nagtataka na may alam siya. Kung kanino man niya nalaman yon, hindi na mahalaga. Sana lang wala muna siyang ibang pinag-sabihin.

Pinilit kong patahanin ang sarili ko. Unti-unti ding bumitaw si Percy sakin. Tinulungan niya kong punasan ang mga luha ko sa muka.

**"Hahayaan kita ngayon pero sana sa susunod magsabi ka na."** Dagdag pa niya.

Hindi ako sumagot at pinagpatuloy lang ang pag-aayos sa sarili ko. Naging tahimik na kami pareho matapos yon hanggang sa pumasok si Felix at Ci-N na may dalang pagkain. Umayos ako ng upo para hindi nila mahalata na may nangyaring hindi maganda habang wala sila.

**"Luto na!"** Anunsyo ni Ci habang dala ang mga fried chicken.

Binaba ni Felix ang plato na may Ham at Bacon sa harap ko.

**"Wow, yayamanin Bacon strips."** Komento ni Percy sabay amoy ng pagkain sa plato. **"Penge! Penge!"** Kukuha na sana siya pero bigla siyang huminto na parang may naisip. **"May slice bread ba kayo?"**

Tumango ako. **"Pakuha naman dyan sa parang cupboard sa tabi ng ref."** Utos ko kay Felix.

Pagtalikod niya agad na hinawakan ni Percy ang kamay ko. Ngumiti siya sakin na parang sinasabi niya na '*okay lang ang lahat at nandito lang ako*'. Ngumiti din ako sa kaniya at tumango.

Bumalik si Felix dala ang supot ng slice bread. Sunod namang pumasok si Tita dala ang container ng carbonara. Napapalakpak nalang sa tuwa si Ci.

**"Ready na."** Nakangiting sabi ni Tita bago ibaba ang container. **"Kain na. Magsabi lang kayo kung meron pa kayong gusto."**

Lalakad na sana siya pabalik ng dirty kitchen ng makita niya si Percy. Mabilis siyang lumapit at kinurot ang pisngi nitong katabi ko.

**"A-aray! Tita! Masakit po!"**

**"Puro ka pa rin kalokohan. Wala kang pinagbago."** Sermon ni Tita bago siya tuluyang bitawan.

Napangiti naman ako dahil parang tuta na inapi si Percy. Himas-himas pa niya ang pisngi bago sumubo ng ginawa niyang sandwich na ham at bacon ang laman. Pati si Ci at Felix natatawa na rin.

Napatingin kami sa pinto ng biglang pumasok ang isa sa kasambahay.

**"Miss Jay, andito po ang kaklase niyo. Pinapasok ko na po."** Sabi niya at pumasok si David na may dalang dalawang plastic bag.

**"Dabid!"** Masayang bati ni Ci sa kaniya kasunod ng pagsalubong para kuhanin ang dala niya. **"Ice cream!"**

**"What the hell are you doing here?"** May iritasyon sa tono ni Percy.

**"Visiting Jay. Ci-N message me through chat."** Kaswal na sagot niya bago lumapit kay Tita para magmano.

*Wow, respekpul!*

**"Magandang umaga po."** Bati pa niya.

**"Good morning din. Tara, sumalo ka na sa kanila. Kung may gusto ka sabihin mo lang."**

Kita ko ang pagsibangot ni Percy. Ngumiti naman ang David kay Tita bago lumapit samin at maupo sa tabi ni Percy. Nanguha naman ng mga plato at ice cream cup si Tita para sa amin.

**"Kuha na."** Sabi ni Felix na kanina pa pala nilalantakan ang carbonara.

Tumango lang ang David sa kaniya bago ako harapin.

**"May nangyari daw hindi maganda sabi ni Ci. Kaya namili ako ng ice cream, comfort food mo."** Sabi niya sabay abot ng isang plastic bag na may 1.5 litre na ice cream.

*Nice! Mukang masarap.*

**"Salamat—."**

**"Miss Jay?"** Tawag ng isa pang kasambahay. Iba sa naunang naghatid kay David. **"May tao po sa labas, naghahanap sa inyo."**

Nagtinginan kaming lahat. Pare-parehong walang clue sa kung sinong pwedeng naghahanap sakin.

Tumayo ako at sinundan ang kasambahay papuntang gate ng bahay. Sa labas nakatayo ang dalawang lalaking parehong may dalang tig-isang bilao na may nakabalot na celopane.

**"Edrix? Rory?"** Sabay namang humarap sakin ang dalawa at ngumiti ng malapad.

**"Para sayo!"** Sabi ni Rory sabay abot ng isang bilao. **"Ispabok."**

**"Eto, palabok."** Singit naman ni Edrix.

Pareho ko silang takang tinignan. **"Anong ginagawa niyo dito?"**

Kamot batok na sumagot si Rory. **"Nag-message sa group chat si Ci-N. May nangyari daw hindi maganda kaya nagdala kami pagkain para sayo."**

*Group chat? Anak nang...*

**"Salamat. Pasok kayo, andito sila Ci-N."** Sabi ko at nauna pa silang maglakad sakin papasok.

Napangiwi nalang ako habang tinuturo ang kusina kung nasan sila. Mabilis naman silang pumasok pero hindi pa man ako nakakahakbang meron na namang nag-doorbell kasunod ng pagtawag sa pangalan ko.

Ako na ang nagbukas ng gate at bumungad sakin si Mayo, Kit at Eren na namamaga pa ang kaliwang pisngi at may black eye ang kanang mata.

May kaniya-kaniya din silang dala ng supot at container. Hindi na ko nagsalita, umusog nalang ako para hayaan silang makapasok.

**"Sa kusina—."** Naputol ang sasabihin ko ng makita kong maglipatan sila papunta ng dining.

Kaniya-kaniya pa sila ng dala. Huling lumabas sila David at Percy na matay suntukin ang tagiliran ng kasabay.

**"Pinopormahan mo? Pinopormahan mo? Sinabing wag ka ng makisali."** Dinig kong bulong ni Percy sa kaniya.

Napapangiwi naman si David dahil ayaw siyang tigilan ng tukmol na step brother ko.

**"Dun daw tayo, hindi na tayo kasya sa kusina."** Sabi ni Ci na hawak-hawak ang container na may fried chicken.

Tumango naman ako at sumunod sa kanila. Binaba nila Eren ang mga dala nila sa lamesa at isinama sa mga pagkain kanina. May pistel na ngayon ng juice.

**"Ano ba nangyari? Bakit napa-emergency message tong si Ci-N?"** Tanong ni Kit habang binubuksan ang container na dala ni Mayo.

Si Percy na ang sumagot. **"Bangungot lang. O.A lang talaga yang bata na yan."**

Medyo nakahinga ako ng maluwag. Wala pa naman akong maisip na isasagot sa tanong nila.

**"Tukmol ka! Akala ko naman kung bakit."** Inis na sabi ni Mayo pero naka-kuha na siya ng fried chicken.

**"Syempre nag-alala pa rin ako—."**

**"Andito rin kayo?"** Tanong ng kung sino.

Paglingon ko, nakatayo si Yuri sa pinto habang may hawak na dalawang malalaking paperbag.

*Sushi!*

Hindi pa man ako nakakapag-salita, pumasok na si Mica at Calix na pareho ring may dala.

**"Hello Jay, kumusta? Okay ka na ba?"** Tanong ni Mica sakin.

**"Okay lang naman ako. O.A lang talaga tong si Ci."** Sagot ko habang napapakamot sa batok.

At dahil nandito na ang karamihan, malakas ang kutob kong meron pang pupunta. At hindi nga ako nagkamali dahil ilang minuto lang, dumating na si Blaster at Josh at syempre meron din silang dala.

Napapakamot nalang ako sa ulo. Wag lang sana magising si Aries siguradong magagalit yon kapag nakitang nandito na halos lahat ng mga Ulupong. Baka bigla nalang topakin yon.

Napaisip tuloy ako kung ano ang nilagay ni Ci sa group chat at bakit ganun nalang kabilis pumunta ang mga to.

Kaniya-kaniya na sila ng usap at ng kwentuhan. Nagawa pang makisama ni Percy sa kanila na para bang kasing-edad at matagal na niyang kaibigan ang mga kaharap.

**"Kain na."** Alok ni Yuri sabay baba ng plato ng sushi sa harap ko.

Napatitig ako sa muka niya. Ang lalim ng eyebags niya at parang matamlay din ang kulay ng balat niya.

*Anyare.*

Hinawakan ko ang muka niya para alamin kung may sakit ba siya pero mabilis niyang inalis ang mga kamay ko.

**"Naghugas ka ba?"** Tanong niya na kinangiwi ko pero kinangiti naman niya. **"Joke lang."**

Inagaw ko ang mga kamay ko. **"Tse! Kumain ka na nga."**

Bigla nalang pumasok si Tita Gema na may dalang bagong batch ng pagkain. Kagulo naman ang mga Ulupong at hindi magkanda ugaga sa pagkuha.

**"Hindi niyo kami hinintay."** Sabi ng kapapasok lang na si Denzel.

Napatanga ako ng makita ko kung sinong kasama niya.

*Si Canvas-2.*

**"Bakit ganiyan ka makatingin?"** Mataray na tanong niya sakin kasunod ng paghimas sa tiyan.

**"Ang laki ng muka mo."** Tuloy-tuloy na sagot ko. Huli ko na napansin ang pagsenyas ni Denzel sakin ng para bang sinasabi niyang tumahimik ako.

Totoo na lumaki siya dala ng pagbubuntis. Pero kahit gano'n kita na hindi siya nahihirapan at alagang-alaga talaga. Ganito yata ang blooming.

**"Hiyang-hiya ako sa muka mo."** Sagot naman niya.

Kinuha niya ang hawak ng asawa niya na pagkain at binaba sa tabi ng dala nila Eren. Pansin ko ang pagsunod ni Denzel sa bawat kilos niya.

*Bantay sarado lang?*

Tinapik ko siya. **"Hindi mawawala yan. Makabantay ka."**

Napakamot siya sa batok. **"Hindi sa ganon, nag-aalala lang ako."**

Tumango nalang ako. Sabagay, sinong hindi mag-aalala sa buntis na asawa.

Tinignan ko ang lamesa at halos wala ng paglagyan sa dami ng pagkaing dala nila at binibigay ni Tita Gema. Daig pa namin ang handa sa fiesta sa sobrang dami.

Isa lang ang inaalala ko. Ang pagkain dala ni Eman. Paniguradong babawi yon dahil mataga-tagal siyang hindi nakapagluto para sa amin.

*May pa-lechon.*

At tama nga ako dahil bitbit ni Eman ang isang buong lechon pagpasok ng kusina. Napahawak nalang ako sa noo ko. Hindi ko kinaya ang dala nilang pagkain.

Bibitayin na ba ko bukas at ganito karami ang dapat kong ubusin?

Pero hindi ko maiwasan na hindi mapangiti. Ang sarap pagmasdan ng mga tawanan nila. Mga asaran na wala sanang magkapikunan. Napabuntong hininga nalang ako. Halos kumpleto na kami.

*Maliban sa kaniya.*

**"Ayan, Jay. Marami ka ng choices. Pili na!"** Sabi ni Kit

**"Hindi ka mabibitin. Marami na kaming dinala."** Si Blaster habang may hawak na plato.

**"Baka naman....Jay."** sabi ni Denzel at ngumiti. **"Pwede mo na kaming patawaring lahat sa ginawa naming—."**

Hindi ko na siya pinatapos pa. **"Pinapatawad ko na kayo**. **Matagal na."**

Kita ko ang pagliwanag ng mga muka nila. Halos sabay-sabay pa silang naghiyawan.

Hinarap ko si Yuri na nakangiti sakin. **"Akala ko sinabi mo na sa kanila."**

**"Sayo dapat mang-galing yon."** Sagot naman niya.

Tuloy lang sila sa pag-celebrate ng biglang pumasok si Kuya Angelo. Literal na tumahimik at kulang nalang kuliglig.

Halatang hindi alam ni Kuya kung anong sasabihin. Kanina nga naman kasi kaunti lang sila tapos ngayon marami na.

**"Kain ka Kuya."** Aya ni Ci sabay hatak pa sa kaniya.

*Close kayo?*

Nagpatangay naman si Kuya at ngayon ay nakaupo na. Agad siyang inasikaso ng mga Ulupong at inalok ng mga pagkain.

Natatawa nalang ako dahil hindi siya makatanggi. Idagdag pang parang close ng mga ugok na to si Kuya Angelo.

Pinagmamasdan ko lang sila ng sunod namang pumasok si Aries. Napatayo pa ko dahil ang tindi ng salubong ng kilay niya. Kulang nalang magmura siya ng malakas.

**"Wag ka na magsalita. Maupo ka nalang at maki-kain."** Banta ni Kuya kaya walang kahit na anong lumabas sa bibig niya.

Agad na lumapit si Percy sa kaniya. **"Dito ka, Baby."** Sabay hatak.

Agad namang umamba ng suntok si Aries pero tinawanan lang niya. Pumalag pa siya nung una pero naupo din siya at nakisalo sa pagkain.

*Tuloy lang sa celebration.*

Ang ingay, ang gulo at ang kalat pero ang saya na makita kong andito ang mga taong malapit sakin at ang mga kaibigan. Kumpleto kami.....*sana.*

Ayoko man siyang isipin dahil may kasalanan siya sakin pero hindi ko mapigilan.

*Tangina kang lalaki.... Sarap mong sapakin.*

**"Oy! Si Keifer! Video call!"** Sigaw ni Edrix at napatingin ako sa kanila.

Hawak niya ang cellphone na nakataas para masiguro na makukuhanan kaming lahat. Bigla nalang akong kinabahan. Napatingin ako ng di-oras kay Aries na nakatingin din pala sakin.

**"Keifeerrrr!"** Sabay-sabay na sigaw nila.

Pasimple akong tumingin at halos maiyak ako ng makita kong nakahiga pa rin siya at naka-hospital gown.

**["*Hey, whats the gathering for?*"]**

**"Para kay Jay-jay. Nag-aalala kami sa kaniya at pinatawad na niya kami."** Sagot ni Edrix na may hawak ng phone.

**["*So, she forgive you. I wish she could do the same to me.*"]**

Sabay-sabay na nag-*oohhh* ang mga lintik na Ulupong.

**"Pagaling ka at umuwi ka na. Pinopormahan na siya dito."** Singit ni Percy na agad kong tinignan ng masama.

*Animal kang Blue Eyes ka.*

**["*Sino ka?*"]** Tanong ni Keifer na nagpatawa kay Felix at Ci-N ng malakas.

**"Gwapo kong to hindi mo ko nakilala?"**

**["*Oh, so much air. Percy indeed.*"]**

Lalong lumakas ang tawanan nila Felix at sinabayan pa ngayon ng ibang Ulupong. May ilang minuto pa silang nag-usap tungkol sa kung anong pwedeng pag-usapan.

Aaminin ko, gusto kong marinig na hinahanap niya ko pero hanggang sa matapos ang video call hindi ko narinig na hinanap niya.

Naramdaman ko ang paghawak ni Yuri sa kamay ko. Ngumiti siya sakin na parang sinasabi niya na magiging okay lang ang lahat.

*Sana nga ganon.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 312

**A/N:** tumataas ang bilang ng Confirm Cases of Covid-19. Please, keep safe Tropa and cooperate with the government. They're trying their best to control the situation. Wag na tayong magpasaway.

Don't forget to sanitized before and after touching anything. Vitamins for strong immune system. Yan talaga ang #1 na panlaban natin. Keep safe!

No re-reading. Expect the typos and wrong grammar. Thank you!

**Sunday prayer**

***Jay-jay's POV***

**"...ilang buwan na nga?"** Tanong ko sa kausap ko.

**["*7 months. Please Jay, pumayag ka na. Hindi pa naman ngayon, baka next week pa.*"]**

Napangiwi ako. Gusto ko tumanggi kayalang nakakahiya naman. At isa pa, wala naman yatang ibang kaibigan tong si Grace. Dahil nga syempre, nabuntis ng maaga tapos idagdag pang maldita siya.

**"Bakit ba hindi ikaw ang sumama?"**

**["*Nagsasawa na daw siyang kasama ako. Mainipin daw kasi ako.*"]**

**"Ewan ko sayo. Oo na. Sabihin mo nalang kung kailan para makapag-paalam agad ako."**

**["*Salamat Jay! Matutuwa si Grace niyan.*"]**

Nagpaalam siya sakin bago tuluyang patayin ang tawag. Napabuntong hininga naman ako.

7 months na pala siyang buntis parang halos kailan lang ng malaman namin na buntis siya. Ibig sabihin, may ilang buwan na pala ang tyan nung mga panahon na yon.

*Tapos nag-aaway pa sila.*

Sabi niya kahapon, sensitive daw ang pagbubuntis niya. Halos hindi na nga raw siya makakilos ng maayos dahil lagi siyang nakahiga o nakaupo para magpahinga. Kailan lang siya pinayagan ng doctor na lumabas ng bahay.

*And guess what?*

Nag-paalam silang gagamitin nila ang pangalan ko na '*Jay*' para sa Baby nila. Kung babae yon, magiging magkasing-ganda kami. Kapag lalaki—*jusko!* Wag sana siyang maging Ulupong. Ang laking sakit sa ulo niya pagnag-kataon.

Napatingin ako sa pinto ng marinig ko ang pagkatok kasunod ng pagbukas non. Bumungad sakin si Kuya Angelo na bihis na bihis na.

**"Ready?"** Tanong niya.

Tumango naman ako sa kaniya bago ilagay ang cellphone ko sa bulsa. Nauna na siyang naglakad paalis at sumunod naman ako. Pagdating sa sala, kumpleto na lahat. Mula kay Tita Gema, Tito Julz, Aries, Kuya Angelo at ako.

**"Kakain ba tayo pagkatapos magsimba?"** Tanong ko at narinig ko ang mahinang pagtawa ni Tito Julz at Tita Gema.

**"Wala pa pero pagkain na ang hinahanap mo."** Sabi ni Aries sabay hatak sa braso ko.

Hanggang sa makalabas kami at makasakay sa puting van hawak pa rin niya ang braso ko. Niligin ko ang paningin ko sa loob. Baka may kasama pala kaming nangunguha ng laman loob dito hindi ko alam.

*Si Aries mukang laman loob.*

Sumakay na rin sila Tita Gema na nasa tabi ng driver. Si Tito Julz na driver at si Kuya na naupo sa tabi ko. Ang weird sa pakiramdam. Parang ganito din kasi yon nung New Years eve na bigla nalang nila in-anounce ang engagement na yon.

Bigla tuloy akong kinabahan. Wala naman sigurong kaganapan ngayon.

Nagkasunod kong tinignan si Kuya Angelo at si Aries. Para kasi silang pulis na nagbabantay sa kriminal na gustong tumakas.

*Tirador lang ako ng kaning tutong pero hindi ako kriminal.*

Hindi ko nalang sila pinansin at kinuha nalang ang cellphone ko para maglaro. Pindot lang ako ng pindot at hindi ko nagawang tignan ang dinadaanan ng saksakyan. Medyo maluwag ang trapiko dahil linggo ngayon kaya alam kong hindi rin magtatagal ang byahe.

Tama naman ako dahil hindi pa ko nakaka-rating sa second level ng nilalaro ko huminto na ang sinasakyan namin. Unang bumaba sila Tito at Tita, sumunod si Kuya at ako na sana pero napatigil ako.

*Hindi ito simbahan.*

Kailan pa naging simbahan ang ospital? Tinignan ko si Kuya Angelo na seryosong nakatingin sakin. Sila Tita na naka-abang kung lalabas ba ko at si Aries na hinawakan ako sa kamay.

**"Bakit tayo nandito? Ito na ba ang bagong design ng simbahan?"** Inosenteng tanong ko kahit alam ko naman talaga ang sagot.

**"Bumaba ka na, Jay."** Mahinahong utos ni Kuya.

Umiling ako. Kita ko ang paglapit ni Tita Gema sa kaniya at paghawak sa balikat niya.

**"Wag natin pilitin. Hindi pa handa yung bata."** Sabi niya at hinarap siya ni Kuya para makapag-usap sila.

**"Jay, try to understand. We're doing this for you."** Sabi ni Aries at bahagya akong tinulak.

Mabilis kong pinigilan ang katawan ko sa pag-galaw at kumapit na din ako sa upuan para lang hindi maitulak nitong tukmol na Horoscope na to.

**"Ayoko, alam ko balak niyo."** Sabi ko at nilabanan ang palakas na palakas niyang tulak. **"Balak niyo kong ipadala sa mental. Puro lang ako kalokohan pero hindi ako baliw."**

Huminto siya sa pagtulak sakin. **"Tanga! Bakit ka naman namin ipapadala sa tunay mong bahay?"**

*Tunay na bahay? Mental ang tunay kong bahay?*

**"Sira-ulo mo! Kailan ko pa—."** Hindi ko natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaan niyang malakas na pagtulak sakin.

Dahil hindi ko naihanda ang katawan mo, tuloy-tuloy akong bumagsak palabas ng sasakyan. Lagapak ang katawan ko na kinagulat nila Kuya na nasa tabi lang ng pinto nag-uusap.

**"Aaaarrraaayyyy..."** Mahinang daing ko dahil sa pagtama ng likod at siko ko.

**"Aries naman! Nasaktan ang kapatid mo."** Sermon ni Tita Gema habang tinutulungan akong tumayo.

**"Good job."** Dinig kong sabi ni Kuya kay Aries.

*Hayop!*

Hawak ko ang siko ko ng makatayo ako ng maayos. Nakatingin ang mga tao sakin na ikina-ilang ko. Malamang na nakakahiya ang itsura ko. Sana nawalan nalang ako ng malay nung bumagsak ako. O kaya tuluyan ng nabagok ang ulo ko. Kesa ganitong hiyang-hiya ako sa nangyari sakin.

Napayuko ako kasabay ng paghimas sa siko ko. Akay-akay ako ni Tita habang papasok ng ospital. Nakatingin pa rin sakin ang mga tao na para bang ang laki kong tanga.

*Esushme! Tinulak ako ah?*

**"Sa E.R. muna tayo."** Sabi ni Tito Julz at akmang liliko sa isang hallway pero mabilis akong tumigil.

**"Wag na po. Mas gusto kong magpahinga sa bahay. Uwi nalang tayo."** Aya ko at bahagyang umatras pero naramdaman ko ang katawan ng kung sino sa likod ko.

Bahagya akong tumingala at ang madilim na muka ni Kuya ang bumungad sakin. Lumayo naman agad ako sa kaniya.

**"K-kuya. Uwi nalang tayo."** Paki-usap ko.

Umiling siya. **"Kailangan mo to."**

**"Kuya."** May pakiki-usap pa rin ang tono ko pero tuloy-tuloy siyang naglakad.

Alam ko ang totoong dahilan kung bakit kami nandito. Gusto nila kong iharap sa Psychiatrist. Pipilitin nila kong sabihin ang panaginip ko. Malamang ihi-hipnotismo nila ko kagaya ng napapanood ko sa tv parang budol-budol.

Nilapitan ako ni Tita at inakbayan. **"Wag ka matakot. Para sayo din to."**

Sabay kaming naglakad para sundan si Kuya. Alam kong kasunod lang namin si Tito Julz at butihin kong kapatid na ang sarap bikwasan pabalik-balik. Napapahawak pa rin ako sa siko ko dahil sa kaunting kirot.

*Tang'na mo kang Horoscope ka.*

Huminto kami sa tapat ng isang pinto. May label yon sa gilid kung saan nakalagay ang pangalan at ang title ng doctor.

Agad kong hinawakan ang damit ni Tita. **"Ayoko po. Tita."**

Naramdaman ko ang kamay ni Kuya sa braso ko. Pilit niya kong hinahatak palapit sa pinto. Ayokong magsimula ng gulo kaya pasimple akong lumalaban kahit gusto ko na talagang makipag-suntukan.

**"Kuya..."**

**"Angelo. Sa susunod nalang siguro—."** Suhestiyon ni Tita pero agad na pinutol ni Kuya ang sasabihin niya.

**"Hindi Ma. Ang haba ng panahon na binigay natin sa kaniya."** Sabi niya at pilit pa rin akong hinatak palapit sa pinto.

Kumatok muna siya at ng marinig ang permiso ng tao sa loob tsaka lang niya binuksan ang pinto. Nakangiting bumungad samin ang isang babaeng maikli na kulot ang buhok. Nakasalamin siya na may kakapalan ang frame.

**"Angelo."** Bati niya kay Kuya bago tumayo at salubungin kami. **"Nice to see you and your family. Akala ko mamaya pa ang dating niyo."**

Ramdam ko ang paghigpit ng pagkakahawak sakin. Nagsisimula na kong masaktan.

**"Siya na ba?"** Tanong ng babae kay Kuya.

Tumango lang naman siya bilang sagot. Habang muka siyang kampante, ako naman ang napapangiwi dahil sa sakit.

Humarap sakin ang babae at nakita ko ang nametag niyang nakadikit sa kaliwang dibdib malapit sa bulsa. *Dra. Peralta.*

**"You must be Jasper Jean. I'm Dra. Claudia Peralta."** Pakilala niya sabay abot ng kamay.

Sa halip na tugunan ang kamay niya, napahawak ako sa braso ni Kuya.

**"Yung kamay mo! Nasasaktan ako!"** Reklamo ko at agad siyang bumitaw.

Kahit ang doktor na kaharap namin nagulat din sa reaksyon ko. Nakasimangot ako habang hinihimas ang parte ng braso ko na hinawakan niya. Hindi naman ako tatakas pero sobrang higpit ng pagkakahawak.

**"Angelo?"** Tanong ng Doktor na para bang tinatanong niya kung bakit niya yon ginawa.

Umubo lang si Kuya at bahagyang yumuko. Hinarap ulit ako ng doktor at nakangiting pumantay sakin.

**"Pagpa-sensyahan mo na Kuya mo—."**

**"Alam ko. Hindi mo kailangang sabihin."** Putol ko sa sasabihin niya.

Dinig ko ang sabay-sabay na pagsita nila sakin. Ni wala na ko naintindihan dahil sa kaniya-kaniya nilang pagsasalita.

*Iba-ibang lengwahe gamit nila.*

**"Ayos lang. Maupo muna siguro kayo."** Sabi niya samin.

Bigla nalang may humawak sakin at hinatak akong pilit paupo sa mahabang sofa katabi lang ni Tita Gema. Nang tignan ko kung sino, bumungad ang nakasimangot na si Aries.

Mabilis kong hinawi ang kamay niya paalis. Hindi pa naaalis ang inis ko sa kaniya. Matapos niya kong itulak palabas ng sasakyan. Buti sana kung hindi ako lumagapak, mapapatawad ko pa siya kaso hindi ganon. Ang dami pa nakakita sakin at mukang nakuhanan pa ko ng CCTV.

Hindi pa ko handang sumikat sa kabalbalan ko sa buhay. Pag-aagawan ako for sure. Magkakaroon ako ng mga endorsement at magiging brand ambassador ako. Tapos kukuhanin ako sa commercial. Hanggang sa kuhanin ako sa isang series at pelikula at kapag sikat na ko i-interviewhin ako ni Miss Jessica Soho. Makikisigaw-sigaw ako ng "*i-KMJS na yan!*".

*At yon ay dahil lumagapak ako.*

Minsan kailangan talaga natin ng imahinasyon para mailigtas natin ang sarili sa kahihiyan. Pagpapalubag loob lang bang nagmuka akong action star at pinagtinginan ng mga tao kanina. Masakit pa rin ang likod at siko ko pero mas masakit ang pride kong naiwan yata sa labas.

*Tang'na mong Horoscope ka! Tang'na mo!*

**"Jay."** Tawag ni Kuya kaya nag-angat ako ng tingin. **"Kinakausap ka niya. Sumagot ka."** Sabay turo kay Doktora.

Sandali kong tinignan si Doktora bago yumuko at paglaruan ang kuko ko. Humahaba na, kailangan ko ng instant nail cutter.

**"Komportable ka ba na andito ang pamilya mo o mas gusto mo ng pribado?"** Tanong niya sakin.

**"Ayos lang."** Walang buhay kong sagot.

**"Dito nalang siguro. Gusto ko ding marinig ang sasabihin niya."** Singit ni Kuya.

**"Mas kailangan nating isa-alang-alang ang nararamdaman niya."** Sagot naman ni Doktora.

*Attitude si Doktora.*

**"Whatever. Just do what you need to do."** Utos naman ni Kuya.

Pasimple ko silang tinignan. Matapang ang muka ni Doktora habang nakatingin naman ng masama si Kuya Angelo sa kaniya. Pakiramdam ko tuloy matagal ng magkakilala ang dalawang to.

Umirap muna si Doktora sa kaniya bago kuhanin ang notes niya at harapin ulit ako. Yumuko naman ako at kinalikot ang kuko ko.

**"Okay lang bang tawagin kitang Jay-jay?"** Tanong niya sakin.

Tumango ako at nilapit ang kuko ko sa muka ko para makita ng maayos.

*Wut is dis?!*

Meron puting bagay sa ilalim ng kuko ko.

**"Pwede ka bang magkwento ng tungkol sayo?"** Tanong ulit niya pero hindi ko siya pinansin.

Ang nakuha ko sa ilalim ng kuko ko ang mas pinagtutu-unan ko ng pansin. Ano ang bagay na ito? *Iz dis libag?* Pero bakit kulay puti?

Makutim ang libag at galing yon sa katawan. Hindi naman ako nagkakamot ng katawan. Ulo ang madalas kong kamutin pero hindi naman ganito ang nakukuha ko. Minsan lisa o kaya langgam, maswerte ng makakuha ng ibang insekto.

Ganito siguro ang libag ng mayayaman. Sosyal ang libag ng mga *rits pepol*. Siguro dahil sa buhay ko sa bahay nila Tita kaya nagmuka na ring mayaman ang libag ko.

*Ang tanong?!*

Magkalasa kaya sila ng libag na nakukuha sa katawan? Lately hindi na ko nakakakuha ng libag sa katawan ko dahil madalas na kong maligo ngayon. Hindi kagaya dati, kaya kong pumasok sa school ng hindi naliligo.

*Special talent.*

**"Jay."** Tawag ni Kuya na may pagbabanta.

*Gusto din kaya niyang tumikim ng libag?*

Bahagya akong sumilip kay Doktora bago nagbuntong hininga. Ayoko ngang magkwento ng tungkol sa buhay ko. Ano namang sasabihin ko sa kaniya? Sino ba siya?

**"Jay-jay."** Malambing na tawag ni Doktora. **"Alam kong hindi ka komportable, pero mapagkakatiwalaan ako."**

**"Ano bang gusto mong marinig?"** Sagot ko.

**"Yung mga bagay na nangyari sayo. Kailangan kasi natin yon para malaman ang solusyon sa problema mo."**

Mapait akong natawa sa sinabi niya. Hindi ko gusto ang paraan niya ng pagsasalita. Ginagawa niya kong tanga.

**"Anak ako sa labas."** Sabi ko at kita ko ang bahagya niyang pagkabigla. **"May asawa na ang Papa ko ng magkakilala sila ng Mama. Resulta ako ng kasalanan at dapat hindi na nabuhay."**

**"Jay!"** Sita ni Tita Gema sakin. **"Hindi mo na dapat—."**

**"Gusto niya marinig lahat. Kaya sinabi—."**

**"Hindi alam ng Mama mo na may asawa siya!"** Putol ni Tita sa sasabihin ko. Kita ko ang pagkadismaya niya sakin. **"Huli na niya nalaman ang lahat."**

Para akong napahiya sa sarili ko. Buong akala ko alam niya simula pa lang na may asawa na si Papa. Hindi kasi namin napag-usapan ni Percy ng maayos ang bagay na yon kaya buong akala ko alam niya.

*Tapos inaway ko pa siya.*

**"Okay lang. Magandang simula yon."** Sabi ni Diktora.

Sa totoo lang kanina pa ko naalibadbaran sa kaniya. Nakakainis ang tono niya na para bang masasagot niya lahat ng problema ko.

**"Sabihin mo nalang ang naaalala mo o kaya ang panaginip mo."** Utos ni Kuya.

Kusang pumasok sa isip ko ang napaginip ko. Bigla nalang ako hindi naging kumportable kasunod ng pagbigat ng paghinga ko. Ayokong maalala ang bagay na yon, paano pa ang pag-usapan. Hindi ko gusto ang nararamdaman ko.

*Gusto ko ng umalis dito.*

Umiling ako. **"G-gusto ko ng umuwi."** Sabi ko ang agad na tumayo.

Agad na tumayo sila Aries at Tita. Akmang lalapit na ko sa pinto ng may humawak ng mahigpit sa braso ko. Pagharap ko sa kaniya, bumungad sakin ang galit na galit na tingin ni Kuya.

**"Hanggang kailan ka ba iiwas?!"** Galit na sabi niya.

**"Angelo. Let her go."** Sita ni Doktora sa kaniya.

Pilit kong inalis ang kamay niya pero kabilang braso ko naman ang hinawakan ng isa niyang kamay.

**"Kuya, please let her go."** Pakiusap ni Aries.

**"Jay! Kailangan mong maka-alala!"** Sigaw niya sakin.

Hindi ko na napigilan at kusa akong naiyak. **"A-ayoko."**

**"Angelo! Wag mong pilitin—."**

Hindi na natapos ni Doktora ang sasabihin niya ng magsalita ulit si Kuya.

**"Jim Alcantara, Tony Dela Cruz, Alex Ramos. Wala ka bang naalala sa kanila?!"** Sigaw niya sakin.

Biglang lakas at bilis ng tibok ng puso ko. Kung kanina nahihirapan lang akong makahinga ngayon literal na hindi na ko makahinga. Napahawak ako sa dibdib ko kasunod ng pagtaas at baba ng balikat ko.

**"J-jay!"** Tawag na Tita sakin at tinulak paalis si Kuya.

**"H-hindi.... M-makahinga."** Sabi ko at pilit humahanap ng makakapitan.

Nagkagulo sila at sabay-sabay na umalalay sakin. Hindi ko maiwasang hindi mataranta. Pilit akong humahagilap ng hangin pero parang may nakasakal sakin. Nakakatakot, kaya panay pa din ang pag-iyak ko.

**"She's hyperventilating."** Sabi ni Doktora at naramdaman kong may pumangko sakin.

**"Breath."** Sabi ni Kuya at nagmamadaling ilabas ako. **"Keep breathing."**

Nakahawak ang isang kamay ko sa dibdib at ang isa naman at nakakapit sa damit ni Kuya. Hindi ko makita ng maayos ang muka niya dahil sa mga luha. Nagsisimula na din akong mahilo dahil sa kawalan ng maayos na hangin.

Hiniga niya ko sa isang kama at ng lalayo na siya hindi ko binitawan ang kanina ko pang hawak na damit niya.

**"W-wag..."** Pakiusap ko.

Naramdaman ko ang sunod-sunod na paglapit ng mga tao sakin. Hindi ko na makita kung sino sila pero ramdam kong may kinakabit silang mga kung anong aparato sakin.

Inalis ni Kuya ang kamay kong nakakapit sa kaniya. **"Ssshh... I'll be here. You'll be fine."**

Bibitawan na sana niya ko pero hinabol ng kamay ko ang kamay niya. Gusto ko siyang sigawan at sabihin sa kaniyang wag niya kong iwan.

*Siya kaya may kasalanan nito.*

Humigpit ang hawak niya sa kamay ko. **"Forgive me. Hindi ko alam na magkakaganito ka."** Ramdam ko namang seryoso at sincere siya sa paghingi ng tawad.

Kusa din akong bumitaw. Sapat na sakin ang narinig ko galing sa kaniya. Minsan iniisip ko na mainit talaga ang dugo sakin ni Kuya, na baka ayaw din niya sakin kagaya ng iba kong mga pinsan. Iba ang trato niya sakin na para bang isa talaga akong pagkakamali.

Pero ngayon sapat na sakin ang narinig ko para maintindihan na nag-aalala din siya sakin.

May mga ginagawa sila na hindi ko maintindihan. Hindi ko na nagawa pang alamin dahil nagdilim na ang piningin ko.

Hindi ko alam kung gaano na ko katagal na walang malay pero nagising ako na naririnig si Kuya at kung hindi ako nagkakamali ay kausap niya si Doktora.

Bahagya akong gumalaw. Mabigat ang katawan ko na para bang may nakapasan sa magkabilang balikat ko. Nahihilo pa rin ako kaya pinili ko na lang wag gumalaw muna. Para rin akong nilalagnat at may nakadikit na oxygen mask sa 'kin.

Bakit ako meron nito? Wala naman ako nito kanina.

**"Kasalanan mo to. Marunong ka pa sakin. Ikaw ba Doctor?"** Inis na sabi ni Doktora.

**"Shut up Claudia."** Sagot naman ni Kuya.

**"She had an anxiety attacked and you just want me to sit back and shut up? Aba Angelo, baka gusto mong bawasan ang pagiging malupit mo."**

**"You don't understand. Kailangan niyang maka-alala. Paano niya haharapin ang problema kung lagi nalang niyang tatakasan?"** Dipensa niya.

**"Wag mong itulad sayo ang batang yan. Matututo siya sa sarili niyang paraan."**

**"And when is that? When everything is too late?"**

**"Bakit ba nagmamadali ka?"**

**"Things are need to be rush. Her Mom is in danger. Binabaliktad siya ng mga taong yon para umusad ang kaso sa kaniya. If Jay-jay could remember, pwede ng ituloy ang kaso sa laban sa kanila."**

*Si Mama? Anong kaso para sa kaniya.*

Kaya ba minamadali ako ni Kuya? Para kay Mama. Hindi ko maintindihan ang nangyayari. Wala akong alam na may kaso si Mama, pero tungkol saan? At sino ang mga taong yon na sinasabi ni Kuya?

*Ano ba kasi talaga ang nangyari?*

**A/N:** just an explanation about anxiety attack, medyo sensitive kasi ang case na to para sakin kaya feeling ko need ko siya explain. Hyperventilation can be experienced sometimes pero iba-iba talaga ang nararamdaman ng tao. Most cases is yung discomfort na nararamdaman ng isang tao due to an event. Followed by unexplainable feeling. Iba-iba, hindi pare-pareho.

Jay-jay doesn't know that it was anxiety because of no proper awareness. At feeling ko din na hindi ko na-justify yon.

If you knew to yourself that it could be anxiety or depression best to talk to an expert. Sa taong nakaka-alam at nakaka-intindi. Wag sa taong nagpapanggap na may alam.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 313

**A/N:** Gago! Habang nag-t-type ako, tinabihan ako ng dagang malaki. Akala ko pa pusa ang lintik. Bakit kako may gumagalaw sa damit ko, pagtingin ko DAGA!

Dahil dyan eto muna. Enjoy!

Expect the typos and wrong grammar.

**My turn**

***Jay-jay's POV***

Hindi pumasok si Yuri. Tinext ko na rin siya pero wala naman akong nakuhang sagot.

**"Gala tayo mamaya."** Aya ni Ci-N habang naglalaro sa cellphone niya.

Gusto ko ding gumala kayalang mahigpit ang bilin ni Kuya na umuwi ako agad. Nag-aalala kasi sila na baka maulit ang nangyari kahapon.

Hindi nga rin dapat ako papasok ngayon kayalang sobrang dami ko ng absent at hindi yon maganda lalo na't malapit na ang exam.

*Sayang...*

**"Hindi pa pwedeng mamasyal si Jay-jay."** Sabi ni David habang may sinusulat sa notebook ko.

**"Bakit naman?"** Nakangusong tanong ni Ci-N.

**"May kalaban pa, si Ram 'di ba?"** Paalala nya.

Sa totoo lang, hindi ko na ramdam si Ram. Wala na nga ako balita sa kaniya tapos hindi rin naman siya nagpapadala ng banta kagaya ng iba.

Sinara ni David ang notes niya at ang notebook ko bago ibalik sakin.

**"Okay na. Pag-aralan mo yan."** Dagdag pa niya.

*Taray!*

**"Salamat!"** Buong galak ko sabi at tumango lang siya.

Balak ko sanang manghiram ng notes kay Yuri kayalang hindi siya pumasok. Si Ci-N sana ang sunod kong hihiraman kaso hindi pala nagsusulat ang Batang Kumag, nasa matabang utak na daw niya ang lahat ng dapat niyang matandaan.

*Puro kalokohan lang naman laman ng utak niya.*

Kaya ang ending kay David ako lumapit at dahil mabuting tao itong kalaban ni Gulayat siya na daw ang nagsulat para sa akin. Tunay na busilak ang kaniyang puso kahit lagi siyang pikit.

Sinilip ko sandali ang notebook ko na sinulatan niya. Masaya pa kong buklatin yon at salubungin ng nakangiti pero nauwi yon sa ngiwi. Nagpapasalamat naman ako sa effort niyang kopyahin ang notes niya sa notebook ko. Kayalang sana naman ginandahan niya ang sulat.

*May sariling alphabet si Dabid.*

Aminado naman akong parang may kalaban ang tinta ng ballpen ko kapag nagsusulat ako pero hindi naman ganito na parang Arabic na ang mga nakasulat. Kahit yata Arabo hindi mababasa ang sulat na to.

**"Ay ang panget ng sulat."** Komento ni Ci-N na nakasilip din pala sa notebook ko.

Agad kong sinara at nilayo sa kaniya ang notebook. Pinanlakihan ko siya ng mata para bantaan at patigilin na rin dahil ayokong ma-offend si David. Kaso absent na naman yata ang I.Q niya ngayon at hindi man lang na-gets ang gusto ko sabihin.

**"Bakit ang laki ng mata mo?"** Tanong pa niya.

Gusto kong isampal sa kaniya ang hawak ko para patahimikin siya ng tuluyan. Hindi ko alam kung panong senyas ang gagawin ko para lang patahimikin siya.

**"Panget ba sulat ko?"** Biglang tanong ni David kaya napalingon ako sa kaniya.

Sasagot na sana ako ng '*hindi*' dahil ayoko talagang sumama ang loob niya. Meron din naman akong hiya syempre. Kayalang bigla niyang inagaw ang notebook ko sakin.

**"H-hindi naman. Magulo lang pero *basabl*e pa rin."** Sabi ko habang pinagmamasdan ang reaksyon.

Seryoso niyang binasa ang sariling sulat. Akala ko napikon siya sa panlalait ni Ci-N dahil wala siyang kibo. Pero bigla nalang siyang napayuko at napakamot sa kilay.

**"Sorry, notebook ko pala to."** Sabi niya at kinuha ang notebook KO na nailagay niya sa bag niya.

Inabot niya sakin yon at tinanggap ko naman. Binuklat ko naman agad ang notebook ko at bumungad sakin ang magulo niyang sulat pero *readable* naman. Hindi kagaya kanina, kahit yata Alien hindi babasahin ang sulat niya.

**"Salamat."** Sabi ko at tinago na sa bag ko ang notebook.

*Paano kaya niya binabasa ang notes niya?*

Sabagay, sila din naman ang makakabasa ng sarili nilang sulat. Kapag hindi naintindihan ang sariling sulat, aba ewan ko nalang. Baka multo talaga nagsulat non, ginamit lang kamay nung tao.

*Buti nalang naiintindihan ko sulat ko.*

Sa bahay ko babasahin ang mga notes ko. Kailangan ko na ding maghanda para sa parating na exam. Kawawa naman ako kapag wala akong naisagot. Babagsak ako at kapag bumagsak ako hindi ako ga-graduate. Kapag hindi graduate katapusan ko na. Tatapusin ni Kuya Angelo ang buhay ko. Literal.

Napatingin ako kay Ci-N na ngayon ay nakatingala na at naka-nganga. Napangiwi ako sa itsura niya. Wag sanang pasukin ng langaw ang bunganga niya.

Buti pa siya, kahit ganyang mukang abnormal ang Batang Kumag meron pa ring siyang ibubuga. Kahit nga yata nakapikit makaka-100 pa rin siya o higit pa.

Napanguso ako. Gusto ko din ng 100 kahit naka-pikit. *100pesos.*

**"Ci-N."** Tawag ko sa kaniya.

Lumingon siya sakin ng hindi sinasara ang bibig niya kaya tuloy-tuloy na tumulo ang laway niya.

*Sala-ola den.*

**"*Eket*?"** Sabi niya ng hindi masyadong sinasara ang bibig.

**"Anong sekreto mo? Bakit ang talino mo?"** Tanong ko ng hindi pinapansin ang itsura niya.

Umayos siya ng upo at pinunasan ang bibig gamit ang likod ng kamay. Taka niya kong tinignan habang nakanguso.

**"Seryoso ako sa tanong ko."** Pag-kumpirma ko sa kaniya.

Napakamot siya ng batok. **"Nakakagulat yang tanong mo."** Ngumiti siya. **"pero sagutin ko pa rin."**

Umayos naman ako ng upo para makalapit ako ng bahagya sa kaniya. Kahit hindi ako sigurado kung seryoso nga ba siya sa isasagot niya o kalokohan na naman, makikinig pa rin ako.

**"Ganito. Mahilig ka sa music?"** Tumango naman ako bilang sagot. **"Pumili ka ng kanta na sobrang pamilyar ng tono para sayo tapos palitan mo yung lyrics ng lesson natin."** Paliwanag niya.

*Kalokohan.*

**"Sisipain kita. Walang kasaysayang bagay yang sinasabi mo."** Banta ko pero marahas niyang kinamot ang ulo.

**"Seryoso ako Jay."** Umayos pa siya ng upo. **"O kaya ganito, kapag binabasa mo yung lesson o notes mo, lagyan ng tono ng kanta. Sa ganong paraan kapag narinig mo ulit yung same na music sa halip na yung original na lyrics—."**

**"Ang mga lessons ang maaalala mo."** Tapos ni David—na nakikinig pala samin—sa sinasabi ni Ci-N. **"Ginawa ko din yan noon. Quite effective for me but I'm not sure if it'll work for you."**

Napatango-tango naman ako. Yun pala ang sekreto ng Batang Kumag at ni David na may sosyaling instinct. Gusto ko tuloy subukan, tapos pipili ako ng bonggang kanta yung mapapasayaw ako kapag maalala ko.

*Ayy Macarena.*

**"Subukan ko. Kesa naman umuwi akong luhaan."** *At umuwi para salubungin si kamatayan at Angelo ang kaniyang pangalan.*

**"Gusto mo tulong?"** Tanong ni Ci pero hindi pa ko sumasagot tumayo na siya na parang may hinahanap. **"Ayun! Blaster!"**

Lumingon naman si Blaster samin at naglakad palapit. Sumunod naman sa kaniya ang ibang Ulupong na nakarinig sa pagtawag ng Batang Kumag.

*Lahat sila si Blaster.*

**"Kailangan mo pandak?"** Tanong naman niya sabay gulo sa buhok ni Ci.

Mabilis na sumibangot tong isa at muntik pang manuntok kundi lang nakalayo si Blaster. Bahagya naman kaming nagtawanan dahil pag-aasaran nila.

**"Init naman ng ulo."** Gatong pa ni Denzel.

**"Tse!"** Singhal ni Ci sa kanila. **"Kailangan ni Jay-jay ng tulong sa pagme-morya ng mga lecture. Composer ka di ba?"**

Napangiwi ako. Kailan pa naging composer si Blaster? Wala namang ibang ginawa yan kundi lumamon, dumaldal at makipag-away. Bonus na ang pagre-reklamo.

**"Maniwala."** Komento ko dahilan para sumibangot siya sakin.

**"Masyado mo kong minamaliit. Hindi ako basta-basta. Composer to ng mga kanta."** Pagyayabang niya.

Umubo-ubo pa siya habang hinahagod ang lalamunan. Pati ibang Ulupong lumapit na rin sa pwesto namin para panoorin ang gagawin niya.

**"Plema yan Pre, ilabas mo na."** Sabi ni Eren na ikinatawa namin.

**"Eksena ka. Papasikatan ko si Jay-jay, wala kasing bilib sakin to."** Sabi niya at minasahe ang panga. Tinignan pa niya ko at tinuro. **"Isa to sa mga compose kong kanta. Abangan mo ang pagsikat ko."**

Napangiwi naman ako sa kaniya. Sisikat talaga siya, sa mga kalokohan siguro. Aminado naman akong gwapo din si Blaster, kung wala nga lang nagma-may-ari ng puso niya malamang na mala-Eren din ang *lyf* style niya.

*Mapag-mahal.*

**"Give me a beat."** Sabi niya at gumawa naman ng sounds si Ci gamit ang bibig pero nauwi yon sa malakas na pagtawa. **"Ayusin mo!"**

Sa halip na pakinggan, mas lalo pang lumalakas ang pagtawa niya kaya halos mapikon na tong isa.

**"Nasaan na? Wala naman yata talaga eh."** Pang-aasar ko at ginatungan naman ng mga Ulupong.

**"Eto na!"** Inis na sabi niya at tumahimik na naman kami para umayos. Umubos ulit siya at sinimulan ang pinagmamayabang na kanta.

**" *A..B..C..D..Elementary...* "**

*Tangina! Sabi ko na.*

Agad namang nagtawanan ang mga ugok na Ulupong kasunod ng malulutong na mura para sa kaniya.

**" *Highschool...College...Hindi ka pa tuli...* "**

Patuloy niya at parang ang sarap hambalusin ng lamesa ang muka niya.

**" *Pangarap kong maging doktor para makabunot ng puting—.* "**

**"Bwisit ka! Puro ka kalokohan!"** Putol ni Felix sa kinakanta niya.

**"Hindi yan kalokohan. Tagal kong pinag-isipan yan!"** Dipensa niya at parang handa ng makipag-sapakan.

*Nagsuntukan dahil sa kanta.*

Minsan hindi ko talaga alam kung nasa tama bang ikot ang mga utak nitong mga to. Hindi na ko magugulat kung bigla nalang lumabas ang mga sira nila sa kokote.

Mabilis naman siyang binatukan ni Edrix. **"Gago! Narinig ko na yan, kinakanta yan ng mga bata samin."**

**"Malamang narinig sakin."** Pagpipilit niya habang hinihimas ang batok.

Napatingin naman kami kay Ci-N na wala pa ring tigil sa pagtawa. Para bang napakalaking joke ni Blaster sa kaniya. Nilapitan siya ni David at walang pagpipigil na pinitik siya sa noo. Para switch na nag-turn off ang kabaliwan niya.

**"Aray naman..."** Reklamo niya sabay kamot sa noo.

**"Kulang na naman sa langis ang utak mo. Ang bagal ng ikot. Tapos na tawa ka pa ng tawa."** Sabi ni David at inambaan pa siya ng panibagong pitik.

Mabilis namang umiwas ang Batang Kumag. **"Eh benta sakin, bakit ba?"** Ngumuso pa siya.

**"May bilib kasi sakin si Ci, hindi kagaya niyo."** Sabi ni Blaster habang tinuturo kami isa-isa.

**"Pareho kasi kayong luto sa kalokohan ang utak."** Sabi ni Denzel.

**"Marami akong talent."** Pagyayabang ni Blaster. **"Marunong nga akong mag-español."**

**"Baka espasol."** Sabi ko at nagtawanan naman sila.

**"Pagkain na naman!"** Pang-aasar ni Rory kaya binantaan ko siya ng pangbabato ng sapatos.

*Kayalang magka-iba ulit medyas ko.*

**"Español? Kalokohan mo Blaster."** Sabi ni Mayo.

Mayabang na tumawa si Blaster. **"Papakitaan kita."** Sabi niya at naghanap ng mabibiktima.

Saktong kakapasok ng pinto ni Drew na umiinom ng coke. Nilapitan siya ni Blaster kaya napatigil siya.

**"Oh ba—."**

**"*Komo estas*....mandurugas."** Sabi ni Blaster at agad na nagsalubong ang kilay ni Drew. **"Bayad mo sa utang mo sakin."**

*Utang?*

Mabilis na naglapitan ang mga kapwa niya Ulupong para maningil din ng pautang. Ngayon lang naging malibaw sakin na marami pala talaga siyang pinagkaka-utangan. Hindi ko tuloy alam kung dapat na rin ba kong lumapit at makisingil-singil ng pautang.

**"Wala pa kong pera!"** Reklamo ni Drew.

"*Pambili ng coke meron ka?*"

"*Buti pa utang mo, may forever.*"

"*Ngina ka! Nabibingi ka kapag sinisingil.*"

"*Magaling na ba amnesia mo? Bayaran mo na ko.*"

Kaniya-kaniyang reklamo ang mga luko. Parang nahiya na tuloy akong maningil dahil ang dami pala niyang pinagkaka-utangan. Paano niya ko babayaran, mukang mas matagal pa ang utang nila kesa sakin. Hindi naman pwedeng mag-demand akong unahin.

*Kawawa naman ako.*

Bakit kasi ang bait ko? Bakit ko ba basta pina-utang tong tukmol na to? Hindi naman ako mayaman, tapos hindi rin galing sa sariling bulsa ko yon dahil bigay pa sakin ni Kuya yon bilang allowance.

Dapat kapag utang binabayaran. Kaya nga utang eh. Kaso ang problema dito sa mga nangungutang na to parang kasalanan pang singilan sila. Sila na nga tinulungan nung pinahiram sila tapos parang mali pa kapag siningil.

*Hindi ka nakaka-abala sa part na yan.*

**"Hoy!"** Sigaw ni Felix sakin sabay tulak. **"Sama ng tingin mo kay Drew. May utang din ba sayo yan?"**

Ayoko sanang magsalita dahil ayokong mapahiya si Drew kayalang ang dami pala talaga niyang pinagkaka-utangan tapos mukang hindi rin niya binabayaran.

**"Oo, 5k pa nga."** Sabi ko at bigla nalang siyang napa-nganga.

**"Seryoso?"**

Tumango naman ako bilang pagkumpirma. Mabilis na nagdilim ang muka niya. Para siyang susugod sa away hanggang sa ituro niya ng daliri si Drew na malapit ng kuyugen ng mga kapwa niya Ulupong.

**"Tarantado ka Drew!"** Galit na sigaw ni Felix sa kaniya.

Mabilis na lumayo ang mga maniningil niya na dinaig pa ang bumbay. Nagtinginan pa sila bago tignan si Felix at abangan ang kaguluhan.

**"Problema mo?"** Inis na tanong ni Drew.

**"Gago ka! Pati si Jay-jay inutangan mo! Limang libo pa talaga!"** Galit na sabi ni Felix.

Agad na nag-reak ang mga Ulupong na para bang malaking pagkakasala ang nangyari. Daig pa ang nagkahulihan ng kabit ng may asawa ng may asawa.

"*Gago ka talaga!*"

"*Hindi ka na nahiya!*"

Malapit-lapit na nilang banatan si Drew kaya agad na kong tumayo at lumapit. Pumagitna ako at nagtago naman ang manduru—*este,* si Drew sa likod ko.

**"Ano ba? Pwede namang mag-usap ng maayos di ba?"** Sabi ko.

**"Nako! Hindi niyan alam ang salitang maayos!"** Galit na sabi ni Denzel.

**"Jay, bakit mo naman pina-utang ng ganon kalaki yan?"** Tanong ni Edrix. **"Hindi marunong magbayad ang lintik na yan!"**

**"Grabe ka naman! Babayaran ko pa rin naman si Jay-jay!"** Dipensa ni Drew.

**"Paano mga utang mo samin?"** Malumanay na tanong ni Josh. **"2years na yong sakin."**

Nagkamot ng batok ang Drew. **"U-unahin mo muna kay Jay-jay. Mas malaki yon eh."**

**"Tangina! 20pesos nalang utang mo sakin hindi mo pa mabayaran?"** Inis na tanong ni Rory.

*20pesos? Nahiya ang 5k ko.*

**"Yung 50pesos ko!"** Inis na sabi ni Eman.

**"150pesos sakin. Pang-date din namin ni Mica yon."** Paalala ni Calix.

**"Tangina, yung 80pesos ko!"** Si Eren na akala mo naman kawalan sa kaniya ang hinahanap niya.

*Maghingi ka tig-10 sa mga jowa mo!*

**"Paano yung sakin?"** Nakangusong tanong ni Ci.

**"Magkano ba sayo?"** Tanong ko.

**"8pesos. Kapag kulang ng 8 pera ko naaalala ko utang niya. Hirap na hirap ako."**

Hiyang-hiya talaga ko sa presyo ng mga utang nila. 8pesos nalang hinabol pa? Hirap na hirap pa nga. Kumustahin naman nila 5k ko na balak ko pa naman itabi pang-kolehiyo ko. Tapos nahirapan na ko mag-ipon ulit.

**"300pesos lang pinaka-malaki naming pinapa-utang dyan."** Sabi ni David.

Parang gusto kong maiyak. Bakit parang kasalanan ko pa? Dapat ba hindi ko nalang siya pinahirapan? Dapat ba hinayaan ko nalang siyang mabulok o kaya mabugbog sa KingsGround? Gusto ko lang naman siyang tulungan non.

**"Anong balak mo ngayon?"** Tanong ni Felix kay Drew.

Unti-unti ko siyang hinarap. Kulang nalang lumumpasay ako sa harap niya para lang bayaran niya ko. Hindi ko itinago ang pagka-dismaya ko sa kaniya.

*Anak ng... Sarap mong pektusan.*

**"B-babayaran kita. Hulugan, kung okay lang?"** Sabi niya sakin.

**"Basta mamabayaran mo ko, okay lang."**

Bahagya siyang yumuko at parang nag-isip. Hanggang sa dukutin niya ang bulsa at kuhanin ang palad ko para iabot ang nakuha niya.

**"Sisimulan ko ngayon."** Sabi niya at binuklat ko ang palad ko para tignan ang inabot ko.

Lumapit naman ang mga Ulupong para tignan din ang nasa palad ko. *5pesos.*

**"Araw-araw yan, hanggang sa maipon ang 5k. Lista mo para hindi tayo malito."** Nakangiting sabi niya.

Kulang nalang may lumabas na usok sa ilong ko. Hudas ang lintik na Ulupong na to. Kailan pa siya matapos makabayad sakin? Baka graduate na kami ng college hindi pa rin siya bayad.

**"Tarantado ka talaga!"** Inis na sabi ko at mabilis naman siyang tumakbo palas.

Agad ko siyang hinabol at ganun din ang ginawa ng ibang Ulupong. Tatanggapin ko lang ang lintik na hulog niya kung papayagan niya kong sapakin siya.

Umabot kami ng hagdan pero ayaw pa rin niyang tumigil.

**"Babayaran naman kita! Kapag nakaluwag gagawin kong 10pesos a day!"** Sabi niya at lalo akong nang-galaiti sa galit.

**"Bwisit ka!"** Sigaw ko.

Nakalabas na kami ng building dahil sa habulanh ginagawa namin. Pinapanood na kami ng mga istudyanteng nakakasalubong namin.

**"Wala nga akong pera!"** Dagdag pa niya.

**"Kasalanan ko ba?! Tukmol ka!"**

Hanggang sa labas ng cafeteria nakarating kami. Pero mabilis siyang umikot pabalik ng sandali akong huminto. Babalik sana siya sa building ng masalubong niya ang mga kapwa niya Ulupong.

**"Gago ka Drew!"** Sigaw nila.

Agad naman akong nakihabol-habol. Nakalagpas na kami ng parking at nang nasa gate na kami bigla nalang may bagpaputok ng baril. Sunod-sunod yon na hindi ko na nagawang tignan ang pinang-galingan dahil sa pagyuko para makaiwas.

Malakas ang sigawan ng mga istudyante. Naramdaman ko ang pag-cover sakin ng kung sino. Nang tignan ko ang nag-aalalang muka ni David ang bumungad sakin.

**"Okay ka lang?"** Tanong niya.

Bahagya akong tumango bilang sagot. Pero hindi ako talags ako okay. Akala ko katapusan ko na. Nanginginig pa rin ang katawan ko dahil gulat at takot.

Tinignan namin ang paligid at ng wala na kaming makita, umayos na kami ng tayo.

**"JAY-JAY!"** Sigaw ng kung sino at ng tignan ko, humahangos na palapit si Aries.

Agad niya kong niyakap. **"What the hell is that? What happened? Tinamaan ka ba?"**

Lumayo siya sakin para tignan ang katawan ko kung may tama ba ko.

Umiling ako. **"W-wala. Okay lang ako."**

Tinignan ko ang paligid at napatakip ako ng bibig ng makita ko ang security guard na nakahandusay sa sahig. Duguan at walang malay.

**"Dito ka lang."** Sabi ni Aries at nilapitan ang guard. **"Buhay pa siya. Call an ambulance."** Utos niya samin.

Pero hindi ako makagalaw. Nagkalat ang dugo niya na hindi ko magawang tignan. Nang iiwas ko ang paningin ko, bumungad naman sakin si Mayo na yakap-yakap si Kit.

*Hindi. Wag naman.*

**"T-tulong... Tulungan niyo si Kit."** Umiiyak na sabi ni Mayo.

Hindi man lang ako makagalaw. Hindi ko man lang magawang lumapit. Nagkalat ang dugo ni Kit sa lupa at sa katawan ni Mayo.

Bakit ba ko ganito? Bakit ba hindi ko magawang tumulong?

*Bakit napaka-walang kwenta ko?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 314

**A/N:** Dami ko kaagaw sa internet. Hope you enjoy.

Happy Birthday!!

Lemon_Pear

Joy April Seprioto

Expect typo and wrong grammar.

**Last Enemy**

***Jay-jay's POV***

Paano ang tamang anggulo ng pagsampal? Kailangan ba nakaharap sakin ang sasampalin ko? O pwede ng nakatalikod?

Kanina pa nag-iinit ang palad kong sampalin si Mayo.

**"Tumigil ka na nga!"** Sigaw ni Kit sa kaniya. **"Sinabing daplis lang."**

**"Wag po malikot."** Sabi ng nurse na nag-aasikaso sa kaniya.

Wala pa ring tigil si Mayo sa pag-iyak na para bang katapusan na ni Kit. Samantalang daplis lang naman ang natamo niya kumpara don sa security guard na sinakay na sa ambulansya at dinala sa pinaka-malapit na ospital.

**"Natakot nga ako!"** Sagot naman ni Mayo habang pinupunasan ang muka.

Takang nakatingin sa kanila ang nurse na malamang ay naguguluhan sa asta nila. **"Magka-ano-ano kayo?"** Tanong niya habang tinatakpan ang tinahing sugat ni Kit.

Matalim siyang tinignan ni Mayo. **"Mag-tatay."**

*Sira-ulo.*

Mukang nakahalata naman ang nurse na ayaw nitong isa sa paki-alamero at hindi nalang nagsalita. Nagpasalamat si Kit sa kaniya bago bumaba sa ambulansya at maglakad palapit samin.

Hawak ni Mayo ang parehong puting polo nila na may dugo. Sinampay niya yon sa balikat niya para matakpan ang natirang kumapit na dugo sa panloob niya.

Nagpapasalamat ako sa ginawa niya dahil sa totoo lang parang babaliktad ang sikmura ko sa nagkalat na sariwang dugo.

**"Okay ka na Kit?"** Tanong ko ng makalapit sila samin.

**"Oo, ikaw ba?"**

**"Ayos lang ako. Wala naman akong tama."** Sagot ko pero parang hindi sila naniniwala.

*Muka ba kong joke?*

Nagbuntong hininga pa siya bago ako tignan na puno ng pag-aalala.

**"Alam namin ang problema mo sa dugo. Hindi biro ang Phobia Jay."** Sabi ni Mayo.

Hindi ko sila masisisi, nakita nila ang takot ko kanina. Hindi ko man lang nagawang tulungan si Kit. Ni ang humingi ng tulong hindi ko din nagawa. Nakatitig lang ako na para bang bawal gumalaw.

**"K-kahit na. Pangalawa na to."**

Inakbayan ako ni Kit gamit ang braso niyang walang tama. **"Wag mo na isipin yon. Hindi mo naman to kasalanan."**

Nagpilit ako ngiti at tumango. Kahit sa totoo lang, malakas ang kutob kong may kinalaman sakin ang nagpaputok ng baril na yon. Sa harap pa talaga ng school kung saan maraming istudyante. Para bang walang pakialam kung may ibang madamay na tao. At bakit nangyari yon kung kailan nasa gate kami?

Napatingin ako sa lalaking palapit samin. Salubong na naman ang mga kilay niya. Lagi naman siyang ganiyan. Siguro kasi malayo sa kaniya si Ella.

**"Hands off."** Sabi niya kay Kit kaya napilitan siyang alising ang pagkaka-akbay sakin.

Hinarap ko ang kapatid kong Horoscope. **"Ano sabi ng mga Police?"**

Tinuro niya si David na kasalukuyang kinaka-usap pa rin ng mga Police. Siya kasi ang malinaw na nakakita ng sasakyan at saktong paglabas ng baril ng tarantadong hudlong na gustong pumatay saming lahat.

Pero isang bagay ang malinaw.

*Hindi ang security guard ang target.*

Humarap ulit sakin ang kapatid ko. **"Naniniwala silang ang security guard ang target."**

*Kalokohan.* Sana matagal na nilang binaril o pinatay si Manong Guard. Hindi naman siya umaalis sa Guard House. Kahit nga yata hindi na niya duty pumapasok pa rin siya. Tapos matutulog lang o kaya maglalaro ng Mobile Legend.

**"Hindi niyo sinabi ang totoo?"** Tanong ni Calix. **"Paano kung masundan to?"**

Iritadong humarap si Aries sa kaniya. **"Kilala mo ba ang kalaban niyo? Malamang na hindi siya basta-basta dahil nagawa niyang magpa-ulan ng bala dito. Kung magsasabi kami sa mga pulis..."** Tinuro niya ang mga pulis sa likod niya. **"Hindi sa kanila."**

**"Tama ka, pero kailangan pa rin nila malaman."** Singit ni Rory. **"Meron akong kilala—."**

Agad na pinutol ni Aries and sasabihin niya. **"It's better not to use influence. Dahil kagaya nga ng sinabi ko, hindi niyo kilala ang kalaban."** Tinignan niya ko. **"Baka nga nadamay lang kayo sa kaaway ng iba."** At nagsimulang maglakad paalis.

Pinagmasdan namin siyang maglakad palayo. Malamang na kukuhanin na niya ang gamit niya para makauwi na kami. Dahil sa insedente pinauwi na ang mga istudyante. Kami-kaming saksi nalang ang naiwan para makausap ng mga police.

**"Tapos na si Dabid."** Sabi ni Ci kaya tinignan namin ang palapit na David.

Nagpilit siya ng ngiti at tignan kaming lahat. **"Sigurado kayong wala ng ibang nasaktan?"** Tanong niya habang palapit.

**"Yung pwet ko nasaktan."** Sagot naman ng—sino pa ba? Walang iba kundi ang batang kumag.

*Buti pa siya, my energy pa.*

Kaniya-kaniya kami ng buntong hininga bago maglakad pabalik ng classroom. Kukuhanin na rin namin ang mga gamit namin para makauwi na. Mas mabuti kung ipahinga na namin ang nangyari.

Malapit na kami sa building ng mapansin ko ang paglapit ni Drew kay Kit. Nakita ko ang paghinto ni Mayo kaya napahinto na din ako. Alam kong hindi pa rin sila ayos kaya hindi ko maiwasan na hindi mag-alala at baka mamaya dito pa masundan ang suntukan nila.

**"Hindi mo na dapat ako niligtas."** Inis na sabi ni Drew.

*Niligtas?*

Seryosong umayos ng tayo si Kit para maharap siya. Agad na humakbang si Mayo para maka-lapit pero naging mas mabilis ako sa paghablot sa kaniya para pigilan siya.

**"Hayaan mo muna sila mag-usap."** Mahina kong sabi at laking pasasalamat ko ng makinig siya.

Tinignan namin pareho sila Kit at Drew. Seryoso pa rin si Kit at parang maling galaw lang ni Drew basag ang muka niya sa suntok.

*Na may kasamang sabunot.*

**"Kung hindi ko ginawa yon, malamang patay ka na."** Sagot ni Kit.

Niligtas ni Kit si Drew? Kusa akong napatingin sa braso niyang may balot ng gasa. Kaya ba siya nasugatan dahil pinilit niyang mailigtas ang tukmol na to?

Hindi ko maiwasan na hindi mamangha sa ginawa niya. Sa kabila ng masasakit na salitang natanggap niya galing sa utangerong ugok na to, mas nangibabaw pa rin sa kaniya ang malasakit sa kaibigan.

*Isa kang tunay na Barbie—kaibigan pala.*

**"At isa pa..."** Dagdag niya na nagpa-abang samin. **"...sino magbabayad ng utang mo kung mamamatay ka?"**

Marahas na napakamot ng batok ang si Drew. **"Thank you sa paglistas."** Sarcastic na sabi niya at mahina akong natawa. **"Parang mas mabuti pang napahamak nalang ako."**

Malakas na tumawa si Kit at tinapik ang balikat niya. Sumilay ang tipid na ngiti kay Drew at sa mga oras na yon, alam kong natapos na ang away sa pagitan nila na akala ko ay aabot pa ng mas matagal.

Napatingin ako kay Mayo ng mapansin kong wala pa rin siyang kibo. Sa gulong nangyari sa kanila siya ang pinaka-malaki ang galit. Hindi ko makakalimutan yon dahil sinampal niya kong animal siya.

*Instant blush on.*

**"Hoy."** Mahina kong tawag sa kaniya. **"Ang tahimik mo naman."**

Hindi siya nagsalita at hinantay lang makalapit samin ang dalawa. Humalukipkip pa siya habang nakatingin ng masama kay Drew.

**"Ano yan? Wala ka pambayad kaya kinakaibigan mo nalang si Kit ulit?"**

Gusto kong manampal ng malakas-lakas. Kung pwede ko lang sabunutan ang lintik na lalaking to kanina ko pa ginawa. Kung hindi ba naman kasi....*haizt!*

Kailangan pag-isipan ng masama ang pakikipag-ayos ni Drew? Ganun na ba katindi ang galit niya sa naging away nila?

**"Mayo, tama na."** May pagbabanta sa boses ni Kit.

Hindi na sumagot ang Mayo at mabilis na naglakad pabalik ng room. Nagpalitan nalang kaming tatlo ng tingin. Pare-pareho naming naiintindihan kung bakit ganyan ang inaasta niya. Mukang mas kailangan naming habaan ang pasensya namin.

*May topak si Mayo, Junyo, Julyo, Agusto.*

Halos sabay-sabay kaming naglakad pabalik sa room. Naka-ayos na ang karamihan at lumabas na ng pinto. Kaniya-kaniya na sila ng paalam at paalala na mag-ingat at mas mabuting dumiretso pauwi.

Inayos ko ang mga gamit ko bago isara ang zipper ng bag. Sinakbit ko yon at halos sabay kami ni David at Felix na lumabas ng room. Si Ci-N naman ay nauuna samin habang kinukulit pa rin si Drew.

**"Pagdating ni Keifer sabihin mo sa kaniya ang tungkol sa utang ni Drew."** Sabi ni Felix.

Agad naman akong napa-ismid. May narinig akong masamang salita.

**"Bakit ko naman gagawin yon?"** May halong iritasyon sa boses ko.

**"Lahat ng utang ni Drew samin, si Keifer na ang nagbayad—except sa utang ni si Ci-N."** Paliwanag niya.

**"Bakit sinisingil niyo pa rin?"**

**"Baka kasi mamihasa. Tsaka para hindi na rin siya mangutang ulit samin."** Sangit ni David. **"Mabait naman yan si Drew, pikon minsan pero maaasahan naman. Madami lang talagang problema."**

Napatango-tango naman ako. Totoo naman ang sinabi niya. Kaso talagang parang hirap na hirap sa pera ang ugok na to. Pwede naman kasi niyang tigilan ang pagsusugal kayalang mukang hayok na hayok na ang luko.

**"Kung hindi siya nagsusugal hindi siya mababa-baon sa utang."** Komento ko.

**"Yan din ang sinabi namin sa kaniya."** Natatawang sagot ni Felix. **"Pero ang isasagot lang niya, '*kaya nga ako nagsusugal para may ipang-bayad*'."**

*Parang baliktad.*

Hindi ko alam ang kwento ng buhay ni Drew. Ayoko mang magsalita ng hindi maganda sa kaniya, kayalang nakakapikon din minsan. At hindi rin naman sagot ang pagsusugal sa pambayad ng utang.

Hindi na ko nagsalita pa at nagpatuloy na sa paglalakad. Wala pa ring tigil si Ci-N sa kakasingil ng 8pesos. Napapailing nalang si David sa katigasan ng ulo ng Batang Kumag.

**"8pesos nalang sinisingil mo pa?"** Inis na sabi ni Drew.

**"Mahalaga ang bawat singko! Lalo na kapag kulang ng otso!"** Pasigaw na sagot ni Ci.

Halatang malapit-lapit na silang magsuntukan. Hindi ko alam kung maaawa ba ko sa Batang Kumag na hindi mabayaran o kay Drew na kahit

8pesos nalang hindi pa magawang bayaran.

*Jusko! Nag-walk out ang 5k ko dahil sa hiya.*

Agad na lumapit si David sa kanila para paghiwalayin sila. Nang mahawakan niya si Ci sa kwelyo mabilis na tumakbo si Drew para takasan siya.

**"Yung 8 ko! Ibalik mo!"** Habol pa ng Batang Kumag kayalang nawala na ng tuluyan ang sinisingil.

Napapailing nalang kami sa itsura nila. Parang iiyak na si Ci habang bitbit ni David sa kwelyo sa batok.

**"Siya dapat ang hinawakan mo."** Nakangusong sabi niya.

Binitiwan siya ni Dabid. Napatingin ako sa kotseng nakaparada ng mapansin kong nakasandal don ang Horoscope at si Ella saksakan ng maldita. Mukang ako nalang ang hinihintay nila.

**"Alis na ko, yan na service ko. Ingat kayo ah?"** Paalam ko sa kanila at tumango naman sila sakin.

Lakad takbo ang ginawa ko para makalapit agad sa kanila dahil mukang may delubyong parating sa itsura nitong kapatid ko. Katabi naman niya si Ella pero ewan ba kung bakit ganiyan pa rin ang itsura niya.

*Baka may kabag.*

**"Ang bagal kumilos."** Inis na bungad niya sakin.

Sinibangutan ko naman siya. **"Edi, ikaw na mabilis."**

Inambaan niya ko ng batok kaya mabilis kong tinaas ang braso ko para salagin. Buti nalang hindi niya tinuloy dahil mukang masakit-sakit yon.

**"Sasagot pa. Sumakay ka na."** Utos niya.

Inirapan ko nalang siya bago sumakay sa passenger seat. Gusto ko sana sa tabi niya kayalang syempre don sasakay si Ella'ng epal.

Dikit ng dikit, edi sana kumandong nalang siya kay Aries. Tutal pirming magkaduktong ang pusod nila.

*Maghihiwalay din kayo! Walang forever!*

Hindi ko namalayan na umandar na pala ang kotse. Nakatingin pa ko ng masama sa dalawang nasa harapan ko. Buti nalang at hindi ako nahuli nitong isa, baka nawalan na ko ng mata.

**"So, nadakma ba?"** Tanong ni Ella na nagpalaki ng mata ko.

Narinig ko ang mahinang pagtawa ni Aries. Gusto kong batukan tong dalawa na to. Kundi ba naman—ipa-alala pa talaga.

**"Sagot Jay."** Utos ni Aries na nagpalaki ng butas ng ilong ko.

**"H-hindi—wala—w-wala akong dinadakma."**

*Badtrip! Bakit ako nauutal?*

Narinig ko ang pagtawa ni Ella na kinainis ko. Tuwang-tuwa, kabagan sana.

**"Hindi mo nadakma yung ano ni Aries?"** Tanong pa niya.

Pasimple akong napanguso. Ayaw talaga akong tigilan ng dalawa na to. Baka gusto niyang ipa-alala ko sa kaniya ang sinabi niya tungkol kay Kei—.

*Hmpf! Masamang salita.*

**"Hindi. Dadakmain ko nalang yung kay Kei—."** Wala sa sarili kong sabi at bigla nalang huminto ang sinasakyan namin.

Dahil hindi naman ako naka-seatbelt, tuloy-tuloy akong nauntog sa sandalan ng upuan ni Aries bago bumagsak sa sahig.

**"Aaaarrraaayyyy ko. Aries naman!"** Inis na sabi ko habang unti-unting bumabangon.

Masakit ang ulo kong tumama at parang nagdo-doble ang paningin ko. Naupo ulit ako habang hawak ang ulo ko.

*Wala na nga laman, tumama pa.*

**"Careful Aries. Baka maaksidente tayo sa ginagawa mo."** Seryosong sabi ni Ella.

**"Sorry. Ihahatid na kita, meron lang akong uupakan."** Sagot naman ng kapatid kong tukmol at pinagpatuloy ang pagmamaneho.

Parang alam ko na ang mangyayari. Pinagdasal kong traffic sa daan papunta kila Ella pero hindi ganon ang nangyayari. Napabuntong hininga nalang ako. Iisipin ko nalang na may magandang dahilan kung bakit sakin to nangyayari.

Huminto ang kotse sa tapat ng bahay nila Ella. Nagpaalam pa ang magsing-irog sa isa't-isa with matching kiss pa sa labi.

*Eww... Kasuka.*

Umandar ulit ang kotse pero hindi pa kami nakakalayo ng huminto ulit kami. Tinanggal ni Aries ang seatbelt niya. Pasimple akong lumipat sa kabilang bahagi ng upuan kung saan malayo sa kaniya. Parang alam ko na ang susunod na mangyayari.

**"Jay..."** panimula niya na kinatakot ko. **"...kababae mong tao. Kung ano-anong lumalabas dyan sa bibig mo."** Sabi niya at bigla nalang siyang humarap sakin at pilit akong inaabot.

Napasigaw nalang akong habang pilit sumisiksik sa sulok ng kotse at hinahampas-hampas ang kamay niya. Hindi niya ko pwedeng maabot dahil alam kong masakit ang gagawin niya. Nakataas pa ang dalawang paa ko wag lang niya ko maabot.

**"H-hindi na. Hindi na ko magsasalita ng ganon!"** Sabi ko habang tarantang hinahawi ang kamay niya.

**"Ikaw pa! Ang tigas ng ulo mo na yan!"** Sabi niya habang patuloy sa ginagawa.

At dahil mas mahaba ang braso niya tuluyan na niyang nahablot ang braso ko. Pilit pa rin akong pumpalag hanggang sa nadulas ang pasmado niyang kamay at nabitawan ako.

Masyadong mabilis ang pagkakabitaw niya. Dahil malakas ang pwersa ng paghatak namin kanina kusang tumulak pabalik ang katawan ko at tumama ang ulo ko sa bintana. May kalakasan yon dahil maging si Aries ay natakot sa pagkakatama ko.

*Tangina, basag ang bungo.*

**"Shit!"** Dinig kong sabi ni Aries kasunod ng pagbukas at sara ng pinto ng kotse.

Hawak ko ang parte ng ulo kong tumama. Masakit at para akong nahihilo pero bukod don meron pa akong ibang nararamdaman na hindi ko maipaliwanag ng maayos. Para akong lutang—*kahit lagi naman.* Pero iba to dahil maging ang katawan ko ay lutang din.

Naramdaman ko ang pagbukas ng pinto sa tabi ko.

**"Hey... Look at me."** Utos ni Aries.

Tinignan ko siya at masasabi kong ayos pa naman ang paningin ko. Muka pa rin siyang Horoscope.

*Ayos pa ang natitirang brain cells ko.*

**"Nahihilo ka pa? Gusto mo pumunta ospital?"** Tanong niya puno ng pag-aalala.

**"G-gusto ko..."** Inabangan niya ang sasabihin ko. **"Gusto ko ng ice cream."**

Kita ko ang pagsibangot niya. Kulang nalang iuntog niya ulit ako para tumino na ko. Pero seryoso ako, gusto ko talaga ng ice cream. May nadaanan kasi kaming tindihan na my tarpaulin ng ice cream.

Tumayo si Aries bago isara ang pinto ng kotse. Akala ko napikon siya sakin at balak ng bumalik sa driver's seat pero bigla siyang nawala. Dahil sa sakit ng ulo at pagkahilo ko hindi ko magawang iikot ang paningin ko para hanapin siya.

Sumandal ako sandali at tumitig sa labas ng bintana. Nang masiguro kong hindi na ko nahihilo binalak kong buksan ang pinto ng kotse para lumabas at hanapin ang kapatid kong gumagawa ng kapalaran.

*Marunong kaya siyang mag-Feng Shui?*

Hindi ko pa man tinataas ang kamay ko kusa ng bumukas ang pinto at bumungad si Aries na may dalang plastic bag. Inabot niya sakin ang popsicle na kinangiti ko.

Kaya pala nawala. Akala ko naghanap na ng bibigyan ng lucky color at number. Hindi talaga ako matitiis nitong kapatid ko.

Binuksan ko yon at nilantakan pero napasigaw ako ng may dumikit na malamig na bagay sa ulo ko.

**"Wag kang malikot."** Sabi ni Aries habang hawak ang malamig na bagay sa ulo ko. **"May bukol ka."**

**"Tutubuan na ba ko ng ikalawang ulo?"** Nag-aalalang tanong ko.

**"Oo, pangalanan mong konsensya."** Sarcastic na sagot niya.

Tumawa naman ako sa kaniya. **"Patawa. Hindi ka naman kalbo."**

Bahagya naman siyang tumawa at pinagpatuloy ang ginagawa. Tinuloy ko din ang ginagawa kong paglantak sa popsicle.

Inabot na kami ng dilim bago natapos si Aries sa pagpapahilom sa bukol ko. Pero kagaya ko matigas din ang ulo niya, ayaw lumiit. Inabot niya sakin ang bote ng juice na ginamit niya. Yun pala ang malamig na bagay na dinikit niya sa ulo ko.

**"Naalala ko, lagi mo ko tinatakot dati."** Sabi ko habang inaayos niya ang seatbelt niya.

Nagsimula na siyang magmaneho bago sumagot. **"Really? Ano sinasabi ko?"**

**"Ikaw nagsabi sakin na magkakaroon ako ikalawang ulo kapag nagka-bukol. Sinabi mo din na lalabasan ng tren ang sugat ko—hinanap ko pa ang riles."** Mahina siyang napatawa. **"Sabi mo din may itlog ng bulate sa ilalim ng kuko ko. At dapat sipsipin ang dugo kapag nasugatan para bumalik sa katawan."** Sabay pa kaming tumawa ng malakas.

Napahawak na naman ako sa ulo ko. Hindi ko itatanggi na masakit at nahihilo pa rin ako. Pero ang hindi ko maintindihan bakit naalala ko ang mga bagay na yon na para bang kahapon lang ang lahat.

Nakarating kami sa bahay. Napansin ko agad ang kotseng nakaparada sa harap lang. Pamilyar pero hindi ko mapunto kung kanino.

Magkasunod lang kaming bumaba ni Aries. Nauna akong pumasok sa loob at sumalubong sakin ang nag-aalalang muka ni Yuri. Agad siyang tumayo at nilapitan ako.

**"Hey, nabalitaan ko yung nangyari. Okay ka lang?"** Tinignan niya pa ang buong katawan.

**"Okay naman ako. Ikaw? Okay lang? Bakit hindi ka pumasok?"**

Nagpilit siya ng ngiti kahit bakas pa rin ang pag-aalala sa kaniya. **"That's a relief. May nangyari lang kaya hindi ako pumasok."**

**"Funny. The perfectionist boy is absent due to an unexplainable event? That was new."** Singit ni Aries na kapapasok lang.

Hindi na niya hinintay ang isasagot namin. Tuloy-tuloy na siyang naglakad papunta sa kwarto niya. Napanguso nalang ako at tinignan si Yuri na kapareho kong naiilang.

**"May topak."** Komento ko at tumawa naman siya.

Binaba ko ang bag ko at bahagyang nakaramdam ng pagkahilo pero hindi ko pinansin yon.

**"Gusto mo ng miryenda? O kaya dito ka na maghapunan."** Tanong ko sa kaniya.

**"Sa tingin ko hindi na. I just want to know your condition."**

**"Andito ka na eh. Dito ka na kumain."** Pagpipilit ko.

**"Baka hindi rin ako makakain. Sure akong uubusin mo lahat."** Sagot niya na nagpasibangot sakin at nagpatawa naman sa kaniya.

**"Gusto mo pitikin ko gilagid mo?"** Banta ko at nilapit ang daliri ko sa bibig niya.

Agad niyang hinawakan ang kamay ko at nilayo ang muka niya. **"Joke lang."** Sabi niya. **"Sige, coffee nalang."**

Binawi ko ang kamay ko at matalim siyang tinignan. Tumalikod na ko para sana pumunta sa kusina pero nakakadalawang hakbang palang ako ng manlambot ang tuhod ko at magdoble ang paningin ko.

Buong akala ko babagsak ako sa sahig pero may humawak sakin para hindi ako lumagapak. Tinignan ko yon at ang malabong muka ni Yuri ang bumungad sakin. Meron siyang sinasabi pero hindi malinaw sakin.

Sobrang bagal ng galaw ng bibig niya na para bang ang bagal-bagal ng oras. May naririnig akong mga ingay, mga boses pero mabagal din at hindi malinaw. May mga taong gumagalaw bukod kay Yuri pero hindi ko sila makita.

*Ano bang nangyayari?*

Mula sa mabagal na galaw ng paligid, nag-iiba na ang nakikita ko. Sa una nagiging dalawa ang imahe sa paningin ko pero unti-unti yon napapalitan.

Nagiging madilim at parang may tao sa harap ko. May babaeng nakadapa at umiiyak. Meron siyang sinisigaw pero hindi ko marinig at mabagal din ang buka ng bibig niya na para bang ang bagal-bagal ng oras.

*Sino—MAMA?*

Mas naging malinaw sakin ang imahe. Nakadapa si Mama habang paulit-ulit na sumisigaw, balot siya ng sugat, pasa at dugo. *Anong nangyari?*

**"M-mama..."**

Unti-unting nawala ang imahe ni Mama sa harap ko. Naging madilim at napapalitan ng liwanag.

*S-sandali! M-Mama!*

**"Ma..."**

Tuluyang nawala ang lahat. Bumalik ako sa kasalukuyan kung saan kaharap ko si Yuri na nakayakap sakin at pilit akong inaalalayan pahiga. Unti-unti din nagiging malinaw sakin ang tao sa paligid ko at ang mga sinasabi nila.

**"What the hell did you do?!"** Galit na sabi ni Aries.

**"Aries! Mamaya ka na manisi, kumuha ka muna ng tubig!"** Boses ni Kuya.

**"Maybe it's better if we call an ambulance."** Si Tita Gema na puno ng pag-aalala.

**"Jay, naririnig mo ba ko? Please speak."** Si Yuri na parang iiyak na.

*Crying Baby.*

Bahagya akong napangiti. **"Iyakin."** Bulong ko na narinig din niya.

Ngumiti siya at hinalikan ako sa noo. **"You scared the hell out of me."**

Pinilit kong ngumiti kahit sa totoo lang, mas natatakot ako. Natatakot ako sa imaheng nakita ko. Saan yon nagmula at bakit ko yon nakikita?

*Ano pang hindi ko alam, Mama?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 315

**A/N:** May hugot yata sila sa Utang gigil na gigil kay Drew.

Enjoy!

**Returning**

***Jay-jay's POV***

**"Bayaran mo na ko!"** Sigaw ni Ci-N kay Drew.

Marahas na kinamot ni Drew ang ulo bago dumukot sa bulsa. Nakakuha siya ng piso at inabot yon sa Batang Kumag.

**"Oh ayan! Next time nalang yung 7."** Sabi niya sabay talikod.

*Jusme! Otso pesos nalang hinulugan pa.*

Hirap na hirap naman pala sa buhay ang lalaking to. Mabuti nalang at inabot na niya sakin ang hulog niya para sa araw na to. 5pesos.

**"Jay."** Tawag sakin ni Yuri. **"Tuloy tayo mamaya?"**

**"Akala ko may lakad ka?"**

**"I can postpone that for you."**

**"Taray, sana lahat postpone."** Sabi ko at tumawa naman siya.

**"Saan kayo pupunta?"** Tanong ni Ci na biglang sumulpot sa harap namin.

Sabay pa kami ni Yuri na nagulat sa kaniya. Nanlalaki pa ang mga mata at butas ng ilong niya habang palipat-lipat ng tingin samin.

**"Para kang kabuti."** Komento ko pero hindi niya ko pinansin.

**"Saan punta? Sasama ako."**

Mabilis akong napangiwi. Hindi siya pwedeng sumama. Tignan ko si Yuri para hingan ng tulong pero halatang wala din siyang maisip. Sinenyasan ko siyang kausapin ang Batang Kumag. Mabuti nalang at nakuha din niya agad ang gusto ko iparating.

Nagseryoso siya at umayos ng pagkakatayo. **"Sorry, but you can't come."** Sabi niya, parang nakita ko ang dating Yuri na nakikipagsungitan sakin.

Parang batang napahiya si Ci. Akala ko magagalit siya samin pero wala siyang naging reaksyon. Lumapit siya kay David na kasalukuyang tulog. Mahina niya siyang tinulak-tulak para gisingin.

**"Oh?"** Inis na bungad ni Dabid.

**"Inaaaway ako ni Yuri. Awayin mo nga."** Parang batang utos niya.

Gusto kong matawa sa itsura nilang dalawa. Halata namang walang pakialam tong isa dahil agad siyang bumalik sa padukdok para matulog.

**"Oy Dabid! Pagtanggol mo ko! Akala ko ba tinalo mo si Gulayat?"** Pangungulit ni Ci-N sa kaniya.

Pasimpleng hinawakan ni Yuri ang kamay ko. Tinignan ko siya at sinenyasan niya kong lumabas. Pasimple naman akong sumunod sa kaniya habang busy sa pagkukulitan yung dalawa.

**"Bakit?"** Tanong ko sa kaniya.

**"Bili tayo. Libre mo ko."** Aya niya sabay swing ng kamay naming magkahawak.

Walang buhay ko siyang tinawanan. Matamis siyang ngumiti sakin na nauwi sa pagtawa.

*Ayan, ganiyan dapat!*

Mas gusto kong makita na nakangiti siya. Ayaw man niyang aminin na meron siyang problema, kitang-kita ko naman sa itsura niya. Pero mas gusto ko kung sasabihin niya sakin kung ano mang iniisip niya.

Naglakad kami papunta ng cafeteria ng hindi pa rin bumibitaw sa kamay ng isa't-isa. Para kaming mag-bestie na namamasyal sa park.

*Pa-swing-swing pa.*

At dahil sa ginagawa namin hindi maiwasan na salubungin kami ng mga tsismosang mata. Meron pang umiismid at parang nandidiri sakin. Hindi rin mawawala ang kumuha ng litrato namin.

*Sige! Kodakan niyo pa!*

**"Ganda ko."** Bulong ko at takang tumingin sakin si Yuri. **"Naiingit sila sa ganda ko."**

Mahina silang tumawa. **"Oo naman. Maganda ka."** Sabi niya na nagpalapad ng ngiti ko. **"Pero mas maganda ako."** Dagdag niya sabay hawi ng kuwaring mahabang buhok.

Napangiwi ako at agad siyang sinuntok sa tyan. Napahinto siya at napayuko kasabay ng pag-inda sa suntok ko.

**"Sisters pala kayo ni Kit."** Sabi ko at nagawa pa rin niyang tumawa sa kabila ng iniinda. **"Kelan pa yan?"**

Umayos siya ng tayo habang hawak pa rin ang tiyan. Nag-inat-inat pa siya habang nakangiwi.

**"Ano? Sagot."**

**"Nung binasted mo ko. Nagpaka-sister nalang ako."** Sabi niya habang sumisilay ang nakakalokong ngiti.

Nanlalaki ang mga mata ko habang hindi makapaniwala sa sinabi niya.

*Nalintikan na.*

**"May paraan pa naman para maging Yuring gwapo ulit ako."** Sabi niya at ngumuso.

**"Ay ano ka? Sira ulo ka ba?"** Halong inis at tawa ang naging reaksyon ko sa kaniya.

**"Isa lang. Mabilis lang."** Natatawang sabi niya at mas pinahaba pa ang pagnguso.

Balak ko sana siyang hampasin pero dahil sa itsura niya napatawa nalang ako ng malakas. Kahit siya natawa na rin.

Ang simpleng asaran namin na ganito ang nagpapalimot sakin ng totoong sitwasyon. Na may panibagong banta sa buhay namin. Na may isa pang kalaban na nag-aabang samin. Na kahit ayoko unti-unting may sumisilip sa mga ala-ala ko. Na kahit na anong ngiti at tawa ni Yuri, alam kong may problema siya.

Ang simpleng tawanan at asaran na to nalang sana namin na-e-enjoy ang buhay dito sa school, kaso may mga tao talagang kadugo ng dimunyu at masayang manira ng simpleng kasiyahan ng ibang tao.

"*Akala ko ba sila nung Watson?*"

"*Ay girl, malandi talaga yan.*"

"*Haba ng buhok. Mabubuntis yan agad.*"

"*Baka bet niya mayayaman.*"

Naputol ang tawanan namin dahil sa mga usap-usapan na para bang sinasadyang iparinig samin. Napabuntong hininga nalang ako.

*Sabi ko na, inggit sila sa ganda ko.*

**"Wag mo nalang pansinin."** Sabi ni Yuri.

**"Sino wag ko papansinin?! Yung mga Chimpanzee'ng pinag-uusapan tayo ngayon?! Yung mga unggoy na nanlalaki ang butas ng ilong sa pakikipag-tsismisan?! Yung mga Orangutan na uhaw na uhaw sa pansin?! Sila ba? Sila ba?!"** Sinadya kong lakasan para iparinig sa mga lintik na unggoy na may liptint na yan na lalo nilang ikapa-panget ang panghuhusga ng walang basehan.

Napakamot si Yuri sa batok. **"Umalis na sila."**

Ngumiti naman ako ng matamis. **"Good."** Sabi ko at naglakad na papunta sa cafeteria.

Sumunod naman sakin ang Yuri. Napapailing nalang ako sa mga nasasalubong namin na kakaiba ang tingin samin. Buti pa sila maraming oras na pwedeng sayangin sa pag-iisip ng kung ano-ano samin.

*Kainggit!*

Gustohin ko man silang singhalan lahat masasayang ang pagod ko sa kanila. Sila ang tipo ng tao na maraming kayang sabihin sa kahit na anong gagawin ng kapwa nila. Kahit nga yata paghinga ng oxygen mamasamain nila.

Pagpasok namin sa cafeteria, ang maiingay at magugulong istudyante ang bumungad samin, pero wala sa kanila ang atensyon ko.

*Ano ang nasa menu, Kumare?*

Muntik na kong sumingit sa pila sa pagmamadali kong masilip ang nasa menu. Buti nalang at hinatak ako ni Yuri at dinala sa tamang pila

**"Wag kang magulo."** Utos niya habang nakahawak sa dalawang braso ko.

**"Sandali. Hindi ko makita ang menu."** Sabi ko habang pilit tinatanaw ang menu sa harap. **"Dapat merong menu dito. Ang hirap kaya tumingala."** Reklamo ko pa.

Idagdag pang nakaharang ang mahabang kulot na buhok ng babaeng to sa harap ko. Nalalanghap ko ang conditioner niyang mukang mamahalin.

**"Maliit ka lang kaya hindi mo kita."**

Napasibangot ako sa sinabi niya. Hinarap ko siya at hinampas pero nakaiwas siya. Uulitin ko pa sana pero hinawakan niya ang dalawang kamay ko. Pinilit kong pumalag at dahil sa landiang ginagawa namin, aksidente kong nabunggo ang babae sa harap ko kanina.

**"What the hell?!"** Maarteng sabi ng babae na pareho naming ikinatigil.

*Bakit naman dito pa kami nagkita?*

Humarap samin ang babaeng mukang coloring book na naman dahil sa kapal ng make up. Napingiwi nalang ako ng magsalubong ang mga mata namin. Tinanggal niya ang wireless earphones at nag-cross arm.

**"Seriously? Walang pinipiling lugar ang kalandian niyo?"** Inis na sabi ni Freya samin.

Mabilis kong iniwas ang tingin ko sa kaniya. Hindi rin ako kumibo at bahagyang lumayo. Kinalabit ko si Yuri at bumulong.

**"Maya nalang tayo bumili."**

Tinignan niya ang pila. **"Alanganin, mahaba na ang pila."**

Ipinitik ni Freya ang daliri sa harap namin. **"Am I a ghost? How dare you ignore me?"**

Kamot batok akong humarap sa kaniya ng hindi pa rin siya tinitignan sa muka. Hindi ko maiwasan at baka lalo lang akong mairita sa kaniya. Hindi pa rin nawawala sa isip ko ang mga usapan nila ni Aries sa Chat. Ang panghihingi niya ng pera kay Kei—*kwanan*. Ang mga pinag-gaga-gawa niya at pinagsa-sabi niya.

Nasasaktan ako tuwing naiisip ko na involve ang Hari ng mga Ulupong sa mga nangyayari sa kaniya. Hindi pa ba sapat na mag-ex sila? Kulang pa ba na naging sila? Dapat ba kasali pa rin si Kei—*kwanan*? Mapapalagpas ko pa ang pagkakaroon nila ng nakaraan pero ang pakikisali sa kasalukuyan ng isa't-isa, aba! Ibang usapan na yan.

**"Hindi namin sadya. Hindi na mauulit."** Walang buhay kong sabi.

Hindi na siya nagsalita kaya akala ko okay na pero ng iangat ko ang tingin ko matalim siyang nakatitig kay Yuri. Tinignan ko naman ang katabi ko at naramdaman ko ang paghawak niya sa kamay ko.

Bumaba ang tingin ni Freya sa kamay namin at mapait siyang tumawa.

**"You already have Keifer and now you still have Yuri. Wow. Just wow."** Sarcastic na sabi niya at umalis.

*Wow, magic sing.*

Sabay kaming nagtinginan ni Yuri. Parehong walang clue sa kung anong problema niya. Bumalik nalang kami sa pila dahil mukang marami ng nagagalit sa eksena namin. Naging tahimik kami pareho hanggang sa makabili na ng pagkain.

Nawalan ako ng gana dahil sa nangyari kaya tatlong burger at coke in can lang ang binili ko.

**"Yuri..."** Tawag ko sa kaniya habang naglalakad.

Hindi ko alam kung tama ba na sa kaniya ko itanong to pero siya lang ang kilala kong mas matagal nakasama ang Hari ng mga Ulupong—*syempre bestie sila*. May tiwala naman ako sa kaniya kaya komportable akong magtanong at magsabi ng problema sa kaniya.

**"Alam mo bang binibigyan ni Keifer si Freya ng pera?"** Tanong ko at base sa naging reaksyon niya, alam na alam niya.

**"Jay... Kasi—."**

**"Hindi mo kailangang magpaliwanag. Sagot lang kailangan ko."** Sabi ko at nagpatuloy sa paglalakad.

Pero may isang bagay pang bumabagabag sakin. Huminto ulit ako sa paglalakad bago kagatan ang hawak kong burger. Humarap ako kay Yuri na kasalukuyang umiinom ng coke.

**"B-bakit?"** Takang tanong niya.

Nginuya kong mabuti ang laman ng bibig ko bago lunukin yon at magsalita.

**"Kilala mo ba ang lalaking kinababaliwan ni Freya?"** Tanong ko.

Kita ko ang bahagyang paglambot ng reaksyon niya na napalitan ng pagtataka.

**"Kinababaliwan?"** Tanong pa niya.

**"Alam mo na naman ang salitang yan eh! Merong lalaki sa buhay niya na may tama pa rin siya!"** Inis na sabi ko bago kumagat ulit ng burger.

Umiling siya na para bang wala talaga siyang alam sa mga sinasabi ko. Muntik ko nalang mabato sa inis ang burger buti nalang at agad kong naalala na mas mahalaga ang pagkain kesa sa inis.

Akala ko may alam siya dahil bukod sa naging sela ni Freya, siya ring ang nakakuha ng pagkaba—. Napatigil na naman ako ng meron akong maisip.

Sabi nila ibang tao ang Freya noon sa ngayon. Malayong-malayo. Naging ganiyan siya dahil pinagpasa-pasahan siya magkaka-kaibigan. Paano kung ang Freya noon ay may pagpapahalaga pa sa sarili? Hindi niya basta ibibigay ang sarili sa lalaking hindi niya....

**"Sobrang mahal."** Hindi ko namalayang nasabi ko habang nakatitig kay Yuri.

Bumalik sakin ang mga nasa messenger ni Aries. Kung paano niya naisip na baka buntis siya, yung date ng panahon na yon at yung pangyayari sa buhay namin ng mga panahon na yon. Engage pa ko kay Yuri pero may Keifer na ume-eksena—*peke naman.*

*Nagkikita pa rin sila?*

**"Sobrang mahal? Mo na ko?"** Pabiro niyang sabi at tumawa.

Nakitawa-tawa ako kahit halata namang pilit. **"Sobrang mahal ng bigas, ang hirap magsaing."**

Ginulo niya ang buhok ko bago ako akbayan. Sabay kaming naglakad pabalik ng room. Gusto kong linawin ang naiisip ko pero baka ma-offend ko naman siya.

Pinili kong tumahimik nalang kahit sobra ako nababagabag. Halos paubos ko na ang binili namin pagdating namin sa room. Mabuti na rin yon dahil malamang na may dadagit sakin ng mga pagkain ko.

Naabutan kong kinukulit pa rin ni Ci-N si David pero hindi pa rin siya pinapansin. Halos naubos ang lunch break namin ng ganun ang ginagawa nila.

Naging maayos naman ang klase sa buong hapon pero iba ang tumatakbo sa isip ko. Ang posibilidad na si Yuri nga talaga ang lalaking kinababaliwan ni Freyangot—*Freya maangot.*

Halos hindi ko namalayan na tapos na ang huling klase namin kung hindi pa ko nilapitan ni Yuri at kinalabit. Ngumiti siya ng matamis sakin.

Ngumiti din ako para suklian yon pero hindi sing-tamis ng kaya niyang ibigay. Inayos ko na ang gamit ko at sinabayan siyang maglakad.

**"Ingat kayo!"** Paalam ni Edrix bago lumabas ng pinto.

**"Ingat din—."** Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko dahil sa biglaang pagkapit ni Ci-N sa hita ko.

**"SASAMA AKO!"** Malakas na sigaw niya.

Mabilis na lumapit si David at Yuri para ihiwalay siya sakin.

**"Ano ba?! Bumitaw ka!"** Sigaw ko habang pilit siyang pinapakalas. Dahil sa higpit ng kapit niya muntik na kong matumba. Napakamit nalang ako sa hamba ng pinto para kumuha ng balanse.

**"Oy! May tarsier!"** Natatawang turo ni Josh kay Ci-N habang dumadaan sa harap namin.

*Baka gusto mo pong tumulong?*

Hinampas-hampas ni David ang braso at kamay ng Batang Kumag para lang bumitaw. Mukang nasaktan siya kaya pilit nanlaban sa pang-hahampas din.

**"Masakit! Masakit!"** Sigaw niya habang gumaganti ng hampas.

Nakakuha ng pagkakataon si Yuri para hablutin ang braso niya. Ganun din ang ginawa ni David sa mga binti niya.

**"Waaaagggg! SASAMA AKO KAY JAY-JAY!"** Sigaw niya habang unti-unting humihiwalay sa binti ko.

Halos mapamura ako ng malakas ng makita ang mga galos sa binti at hita ko dahil sa pagkapit niya.

**"Sama ako. Jay-jay. Sasama ako."** Paulit-ulit na paki-usap ni Ci at nagsisimula ng umiyak.

Hinawakan siya ni David mula sa likod para hindi na makahabol.

**"Sorry, hindi talaga pwede."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti bago mabilis na tumakbo paalis.

Nakasunod naman sakin si Yuri na mas mabilis pang tumakbo, salamat sa mahaba niyang binti. Huminto lang kami pagdating sa parking.

Hingal kabayo kami pareho dahil sa pagod at idagdag pang mainit ang panahon. Wala pa kong 18 pero ang katawan ko pang-70 na. Napahawak din ako sa balakang ko habang naghahabol ng hangin.

**"Napagod ako don."** Sabi niya bago kuhanin ang susi ng kotse niya. **"Nag-paalam ka na ba kay Angelo?"**

**"Oo. Mag-ingat lang daw ako."** Sagot ko.

Binuksan niya ang pinto kotse para sa akin. Pagsakay ko agad niyang sinara ang pinto at umikot sa kabilang bahagi para makasakay sa driver's seat.

**"Kay Aries nagpaalam ka?"** Tanong ulit niya bago isara ang pinto at paandarin ang kotse.

Tumango naman ako pero hindi ko naitago na may problema sa pagpapa-alam ko kay Aries. Dahil sa nangyari sakin kahapon at sa ospital nung hindi na nawala sa isip niya na baka maulit yon.

*Baka daw mag-hyperventilador ako ulit.*

Buti sana kung ganon lang ang mararanasan ko kaso baka hindi ganon. Malinaw pa sa sinag ng araw ang narinig kong pinag-usapan nila Kuya Angelo, Doktora Claudia Peralta at isang doctor na tumingin ng vitals ko.

Hindi lang *hyperkems* ang nangyari sakin dahil minuto lang ang binilang biglang bumagsak ang blood pressure at heart rate ko. Pati temperature ko tumaas din na kinatakot nila. Kaya pala ng magising ako may oxygen mask na ko at kung anong aparato.

Si Doktora ang nagpaliwanag sa isa pang doktor nang nangyari sakin sa clinic niya. Hindi malinaw sakin ang naging sagot ng kausap niyang doktor pero narinig ko ng maayos ang mga sinabi niya.

'*Her body might be having some sort of transition. Kung tama ang sinabi mong may rare case of PTSD ang patient pwedeng damay ang katawan niya. I would suggest not to force her brain to remember baka hindi kayanin ng katawan niya.*'

Natatakot akong kapag nagpatuloy ang pagbalik ng ala-ala ko may mangyaring masama sakin o sa katawan ko. At paano kung kapag bumalik na lahat ng ala-ala ko maulit ang ginagawa ko kapag nakakakita ako ng dugo? Hindi ko maiwasan na hindi mangamba.

**"Okay ka lang?"** Tanong ni Yuri na nagpabalik sakin sa ulirat.

**"O-oo. Meron lang akong iniisip."**

**"Gusto mo next time nalang?"**

Mabilis akong umiling. **"Wala lang to. Hindi naman mahalaga ang iniisip ko."**

Hindi na siya nagsalita pa pero alam kong nag-aalala siya. Naging tahimik kami sa byahe pero paminsan-minsan siyang nagtatanong na sinasagot ko naman.

Inabot din ng kulang isang oras bago namin narating ang destinasyon—salamat sa traffic. Sabay kaming bumaba ni Yuri sa kotse. Pinagmasdan ko ang bagong gawang bahay. Hindi kagaya ng huling bisita namin maayos at malinis na ang paligid.

**"Dito nakatira ang Mama mo?"** Tanong ni Yuri.

**"Oo, sila ng bago niyang magiging asawa."** Walang buhay kong sagot bago pindutin ang doorbell.

Nakadalawang pindot ako bago bumukas ang pinto at bumungad si Mama na may suot pang apron.

**"Jay?"** Tanong niya habang palapit.

Agad niyang binuksan ang maliit na gate at niyakap ako. Halata ang excitement niya na makita ako. Matagal bago ko sinuklian ang yakap niya.

**"Bakit napadalaw ka?"** Tinignan niya ko at si Yuri habang nakangiti. **"Ay tara pasok. Sa loob tayo mag-usap."** Aya niya samin.

Nakasunod kami sa kaniya papasok. Si Yuri na ang nagsara ng maliit na gate. Pagpasok sa loob ng bahay, napansin ko agad ang mga bagong gamit. Hindi kagaya ng una naming punta na halos sofa at lamesa palang ang laman.

**"Upo kayo. Sakto ang dating niyo nagluluto ako."** Sabi niya at dumiretso sa kusina.

Binaba ko ang bag ko samantalang naupo naman si Yuri sa sofa. Nagtinginan kami sandali at ngumiti siya na para bang sinasabi niyang kausapin ko na si Mama.

Kahit nag-aalangan ginawa ko pa rin. Mabigat ang mga paa kong naglakad palapit sa kaniya.

Totoong ayoko ng may maalala mula sa nakaraan ko. Kaya kahit ginagambala ako ng imahe ni Mama na nakita ko kahapon wala akong balak itanong yon sa kaniya.

Iba ang dahilan kung bakit ako nandito.

**"Ma."** Tawag ko sa kaniya habang nakatayo sa likod niya.

Sandali siyang lumingon sakin bago balikan ang niluluto niya. **"Sandali lang tatapusin ko lang to."**

**"Meron po akong gustong itanong."**

**"Sige, ano yon?"** Sagot niya ng hindi tumitingin sakin.

**"Totoo bang hindi mo alam na may asawa si Papa ng magkakilala kayo?"**

Natigilan siya at mabilis na binaba ang sandok at potholder na hawak. Dahan-dahan siyang humarap sakin at bakas ang gulat at galit sa muka niya.

**"Kanino mo nalaman yan? Sa anak ba ni Reycee?"**

Si Percy ang tinutukoy niya.

**"Wala siyang sinabi sakin. Sagutin mo nalang. Please."**

Nagbuntong hininga siya. **"May magbabago ba kahit hindi ko alam na may asawa siya? Naging kabit pa rin ako."**

Tumalikod siya at binalikan ang niluluto niya.

**"Meron."** Sagot ko pero hindi niya pinansin. **"Yung mga sinabi ko sayo."** Halos pabulong kong sabi.

Halos hindi ko namalayan na kusang pumatak ang luha ko. Napahiya ako sa sarili ko at sa kaniya ng malaman kong hindi niya alam na may asawa na si Papa. Totoo na hindi magbabago na naging kabit siya pero hindi naman niya ginusto yon.

Galit ako kay Mama. Masamang-masama ang loob ko sa kaniya hindi lang dahil sa mga pagkukulang niya. Pero mas galit ako sa sarili ko dahil kahit anong galit ko sa kaniya, hinahanap ko pa rin siya sa isip at puso ko. Na kahit na anong sakit ng mga sampal niya yon, tahimik kong hinihiling na yakapin niya ko pagkatapos.

Ngayon ko naisip na meron pa kong mga hindi alam tungkol sa kaniya. May nga bagay na hindi pa rin talaga malinaw dahil sa kawalan ng paliwanag. At kahit dapat ng ibaon sa limot hindi ko pa rin magawa dahil kailangan ko pa rin ng sagot.

At dahil sa mga ala-alang bumalik sakin. Nagsisimula na kong matakot na kapag bumalik na ang lahat, hindi ko kayanin at wala siya dahil pinagtabuyan ko siya.

Nakatingin pa rin ako sa likod ni Mama. Alam kong narinig niya ang sinabi ko at nasasaktan ako ngayong hindi niya ko hinaharap.

**"S-sorry."** Mahinahon kong sabi pero hindi nagpa-awat ang mga luha ko.

Ang mahinang hikbi ay unti-unting lumakas. Ang mahinang daing ko ay lumakas hanggang sa maging atungal. At ang mahinang panghingi ng tawad ay naging pagsusumamo.

**"Sorry, Ma. Sorry."** Sabi ko sa pagitan ng pagiyak ko. **"Hindi dapat kita tinawag na ka—."**

Naramdaman ko ang marahas niyang pagpunas sa muka ko. **"Wag kang umiyak. Wag ka mag-sorry. May karapatan kang magalit."** Basag ang boses niya at kahit hindi ko siya tignan alam kong nagsisimula na rin bumagsak ang mga luha niya. **"Tumigil ka sa pag-iyak."**

**"Mama..."**

Hindi ko na narinig ang sagot niya. Tanging ang pagyakap niya ng mahigpit sakin ang ginamit niya para malaman kong nasasaktan din siya.

Handa naman akong bigyan siya ng pagkakataon. Kung handa rin siyang sagutin ang mga tanong ko.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 316

**A/N:** Kumusta LockDown? Hindi ko feel kasi may work pa rin ako.

Hope yah enjoy the update.

**Group Chat**

***Jay-jay's POV***

Wala akong nakuhang sagot mula kay Mama. Hanggat kaya niya, iiwasan niya ang mga tanong kong may kinalaman kay Papa. Hanggang nagsawa nalang ako at tumahimik na.

Umuwi akong wala pa ring malinaw na alam tungkol sa kanila ni Papa. Wala tuloy akong nasagot sa mga tanong ni Kuya. Baka isipin niyang nag-date lang kami ni Yuri.

Magtatanong sana ako kay Tita Gema pero simula ng pag-uwi namin matapos mang-galing sa ospital naging tipid na ang mga salita niya sakin. May pagkakataon din na pakiramdam ko iniiwasan niya ko. Pumasok tuloy sa isip ko na baka nagtampo siya dahil sinabi ko kay Doktora ang sitwasyon ko tungkol kay Mama at Papa.

**"Tita..."** Tawag ko sa kaniya umaga bago ako umalis papasok ng school.

Tumingin siya sakin at ngumiti. **"Ingat Jay."**

*Pinapa-alis na ako kaagad.*

**"S-sige po."**

Alanganin akong ngumiti at dahan-dahang tumalikod. Naglakad na ko palabas at dumiretso sa kotse ni Aries. Sakto namang nasa loob na siya at halatang hinihintay ako.

**"Bagal."** Parinig niya sakin.

Hindi ako nagsalita o sumagot pa. Wala pa ko sa school pero pakiramdam ko pagod na pagod na ang katawan ko. Idagdag pang parang nasa kawalan na naman ang isip ko. May mga bagay akong gustong-gusto ko ng malaman ang kasagutan pero wala naman akong maka-usap ng maayos.

Kagaya nalang ng tanong na '*anong mas masarap? Manok o liempo*?'. Sinong kakausapin ko tungkol sa bagay na yon? Hindi ko pwedeng tanungin ang mga Ulupong dahil puro lamon lang naman ang ginagawa nila. Ang kailangan ko yung taong may panlasa.

**"Wala kang napala di ba?"** Tanong ni Aries na nagpabalik sakin sa ulirat.

**"Ayaw sumagot eh. Mukang bitter pa rin kay Papa."**

Bahagya siyang natawa. **"Ano yan? Teenager? May feelings pa?"**

Natawa din ako. **"Siguro."**

Ang mahinang tawa namin ay nauwi sa malakas na tawanan. Malabo naman kasi ang sinasabi namin, dahil unang-una ikakasal na si Mama tapos tahimik na si Papa sa orihinal na asawa niya. Kaya malabo pa sa tubig baha na may feelings pa sila sa isat-isa.

*Pero paano nga kaya kung meron?*

Sandaling huminto ang kotse dahil sa stop light. Pero ang mga mata namin umaandar pa rin at nakasunod sa taong tumatawid sa mismong harap ng sinasakyan namin.

**"Is that Andy?"** Tanong ni Aries habang sinusundan pa rin ng tingin ang lalaki.

Tinitigan ko siyang mabuti. **"Si Andy'ng epal nga!"**

Ang walanghiya! Hindi pa man din sila ikinakasal ni Mama, eto at may ka-akbay ng kolehiyala habang patawid ng daan.

**"Sundan mo!"** Pasigaw kong utos kay Aries.

**"What for?! Hayaan mo na siya!"**

Pinandilatan ko siya. **"Anong hayaan? Tukmol ka! Nang bababae ang future step Daddy mo!"**

Tinignan niya ko na puno ng pandidire. **"Wag mo ko idamay. Stepfather mo lang."**

Pina-andar niya ang kotse at tumuloy sa daan papuntang school. Wala akong ibang nagawa kundi panoorin ang hayop na lalaking magiging susunod na asawa sana ni Mama.

*Tangina! Sabi ko na may masama akong kutob.*

Kailangan malaman niya ang totoo tungkol sa fiancee niyang epal. Kinuha ko ang cellphone ko at agad na nagsend ng text message sa kaniya.

Sana lang talaga maniwala siya. Dapat yata kinuhanan ko din ng litrato para may ebidensiya ako.

Nakarating kami sa school. Mabilis akong bumaba ng kotse ng makita kong kakaparada lang ng kotse ni Yuri. Agad akong lumapit sa kaniya.

**"Bulaga!"** Gulat sa kaniya pero wala siyang naging reaksiyon. **"Ay hindi nagulat."**

**"Gusto mo ba yung magugulat? Wait."** Sabi niya at inayos ang pagkakasakbit ng bag at bigla nalang umarte na parang nagulat. **"Shit! Nagulat ako! Bakit ka ba nang-gugulat?"**

Napangiwi ako. **"Ayaw na nga kita kaibigan."**

Akmang aalis na ko ng hawakan niya ko sa braso. **"Ayaw mo na kong kaibigan? Gusto mo na kong maging ka-i-bigan?"** Tanong niya at tumaas-taas ang kilay.

Napakurap-kurap ako sa sinabi niya. **"Hindi ka nag-almusal no?"**

Tumango siya. **"Paano mo nalaman?"**

**"Ang baho kasi ng hininga mo."** Sagot ko at mabilis siyang tinalikuran.

**"Oy, hindi naman."** Sabi niya habang nakasunod sakin. Malamang na sinubukan niyang amuyin ang sariling hininga.

Tinawanan ko nalang siya at mabilis na naglakad paakyat ng hagdan. Parang ngayon ako nagsisi sa paglipat namin sa bagong room na to. Nakakapagod umakyat ng hagdan.

Kaya pagdating namin sa room, hingal na hingal ako. Mabilis akong mapagod at dahil mabilis mapagod, mabilis din akong magutom. Napaparami tuloy ang kain ko kumpara dati.

*Baka pumayat ako.*

Pagpasok sa room, as usual nagkakagulo sila. Kaniya-kaniya ng kwentuhan, asaran at tulugan.

**"Mga pota! Mag-online nga kayo sa group chat!"** Inis na sabi ni Edrix.

Taka akong napatingin sa kaniya. Mukang abalang-abala siya sa cellphone niya at parang nakikipagtalo. Kulang nalang tadtarin niya ng mura ang kausap.

Binaba ko ang bag ko sa table ko at akmang kukuhanin ang cellphone ko ng mapansin ko si Ci-N. Sibangot na sibangot siya at parang binagsakan ng langit....mukang lupa.

Naka-kros pa ang mga braso sa tapat ng dibdib habang parang merong binubulong.

**"Huy, anong meron?"** Tanong ko sa kaniya.

Tinignan niya ko sandali at sinundan ng matalim na irap habang nakanguso.

*Eh bakit?*

Naupo ako sa pwesto ko at pasimple siyang kinalabit. **"Problema mo?"**

**"Wala."** Inis na sagot niya.

Hindi ko maiwasan na hindi mapaisip. Kakaiba ang asta niya na para bang meron akong ginawang masama.

Si David ang naisipan kong kausapin. Tulog na naman ang luko habang naka-headset. Ano ba kasing ginagawa nito tuwing gabi at parang laging puyat? Dati dahil sa girlfriend niyang ka-videocall niya pero ngayon wala na ko naririnig tungkol sa relasyon nila. Hindi na rin ang babaeng yon ang wallpaper niya sa cellphone.

*Break na kaya sila?*

Pasimple ko siyang kinalabit. Hindi pa siya nagising nung una kaya inulit-ulit ko pa hanggang sa bumangon siya at tanggalin ang headset sa tenga.

**"Good morning."** Bati niya bago mag-inat.

**"Good morning din. Sorry sa istorbo. May itatanong sana ako."**

**"Fire."** Sagot niya na pinagtaka ko.

**"Ha? Anong Fire?"**

**"Shoot."**

**"Ha?!"** Medyo inis na tanong ko.

Napakamot siya sa ulo. **"Ibig ko sabihin, itanong mo na ang itatanong mo."**

**"Bakit kasi may *Fire* at *Shoot* ka pang nalalaman?"**

**"It's an expression or a different word for *go*."**

Tumango-tango nalang ako. Daming alam, nahiya akong pag-kain lang ang alam.

**"Itatanong ko lang kung anong nangyayari kay Ci-N? Ang tindi ng sibangot."** Tanong ko sabay turo sa Batang Kumag.

Pasimple niyang sinilip ang tinuro ko. Mahina siyang tumawa habang napapailing. Samantalang ako nagsisimula ng mag-alala.

**"Nagtatampo sayo."** Nakangiting sagot niya. **"Hindi mo daw siya sinama kahapon."**

*Tagal din mag-move on.*

Napanguso ako habang unti-unting lumilingon kay Ci. Matindi pa rin ang simangot niya na may kasama pang pag-irap.

Muntik na kong matakot dahil baka may nagawa na kong mali na hindi ko alam. Yun pala nagtatampo lang dahil hindi namin siya sinama. Akala siguro niya nag-date kami kaya ganun nalang ang tampo niya. Mabilis lang namang sumama ang loob niya kapag may pagkaing involve.

**"Hoy."** Tawag ko sa kaniya pero irap lang ang sinagot niya sakin. **"Ililibre kita mamaya. Sa Hepa Avenue."**

Biglang nagliwanag ang muka niya. Mabilis siyang humarap sakin habang nakangiti. Kulang nalang lumiwanag ang mga mata niya sa sobrang galak. Kumikinang-kinang na kasi.

**"Sabi mo yan ah? Baka iwanan mo na naman ako mamaya?"** May halong pagbabanta ang tono niya.

Umiling ako. **"Ako nga nag-aya di ba?"**

Pumalakpak pa siya sa sobrang tuwa. **"Mag-date tayo! Sasabihin ko kila Ere—."**

Agad kong tinakpan ang bibig niya. **"Wag.Kang.Magkakamali."**

Kumurap-kurap siya bago dahan-dahang tumango. Pinandilatan ko siya para masiguro na nakuha niya ang gusto kong iparating.

Sa oras na malaman ng mga Ulupong na to ang pag-aaya at panlilibre ko. Katapusan na ng bulsa at kakapirasong ipon ko. Talo isang buong barangay sa katakawan nila. Paniguradong yayaman ang mga tindahan ng pagkain kapag itong mga kumag na to ang naging customer.

*Baka Kroossstumer.*

Tumango ulit si Ci bago ko tuluyang bitawan ang bibig niya. Umayos kami pareho ng upo.

Buong akala ko matatahimik na ko pero nilinlang ako ng Batang Kumag. Bigla nalang siyang tumayo at tumakbo papunta sa harap. Nakalagay pa ang dalawang kamay sa magkabilang gilid ng bibig.

Sinubukan ko siyang habulin at pigilan pero mabilis ang mga pangyayari na halos segundo lang pagitan ng kamay ko sa pag-abot sa kaniya. Parang slow motion ang lahat habang naririnig ko ang sinisigaw niya.

**"ManlilibreSiJay-jaySaHepaAvenue!"** Mabilis at malakas niyang sigaw.

Halos wala akong naintindihan sa sinigaw niyan pero parang sobrang linaw non sa pandinig ng mga kapwa niya Ulupong.

Nagkaroon ng tsunami ng lumapit silang lahat sakin. Sa bilis at lakas ng mga lukong to muntik na kong tumaob at magpagu-gulong sa sahig. Buti nalang at nakahawak agad ako sa lamesa.

"*Kung talagang mapilit ka, sige sasama na kami*!"

"*Salamat sa panlilibre!*"

"*Mabuti ka talagang tao!*"

Talsik pa mga laway nila sa muka ko. Gusto ko magpasalamat sa libreng pa-facial kayalang masama sa balat ang acid.

**"Hindi ako manlilibre!"** Paglilinaw ko na kinatigil nila.

Sabay-sabay na bumagsak ang mga balikat nila.

**"At hindi ko kayo inaaya."** Dagdag ko pa at parang natalo sa pustahan ang mga muka nila.

Akala ko aalis na sila at tatanggapin ang katotohanang mga kapal muks sila. Pero nanatili sila sa harap ko.

**"Hindi kayo pwedeng tumuloy mamaya kung hindi kami kasama."** Sabi ni Felix.

**"Bakit?"**

**"Baka nakakalimutan mong may nagtangka sa mga buhay natin. Paano kung maulit?"**

Mabilis na sumang-ayon ang mga luko. Kulang nalang tubuan ng sungay at maging baka ang mga walanghiya habang tumatango.

**"Edi mas lalong hindi kayo pwedeng sumama! Mas marami tayo! Kitang-kita tayong lahat!"** Pagpipilit ko.

Handang makipagtalo ang mga luko. Kaniya-kaniyang dahilan para lang makasama. Akala naman nila may panlibre talaga ako.

*Mga Ulupong talaga tong mga to.*

**"Hindi! Dapat isama mo kami para mapagtanggol ka namin!"** Pagpipilit ni Eren.

Halatang patay gutom ang putang'na. Akala mo naman hindi pinapakain ng mga babae niya. Malamang ko tuwing nagda-date sila mga girlfriend niya nagbabayad dahil hindi naman mapera ang ugok na to.

**"Anong laban niyo sa bala?!"** Nanlalaki pa ang mga mata at butas ng ilong ko sa kanila.

**"Eto si Eman hindi tatablan! Man of steel to!"** Sigaw ni Blaster.

Nagsimula na namang umungol ang mga baka para sumang-ayon. Crossbreed yata ang mga to, Ulupong na baka. Rear species na dito lang natatagpuan sa Pilipinas.

**"Buset kayo! Ano ba pinaglalaban niyo?!"** Malapit-lapit na kong mapikon.

**"Sa Hepa Avenue! Hindi pwedeng dalawa lang kayo!"** Parang pulitikong nakikipag-argumentong sagot ni Rory.

Inambaan ko siya ng sampal kaya napa-atras siya. **"Hindi kami dalawa! Kasama namin si Yuri at David!"**

Agad nilang nilingon si Yuri. Halatang walang alam ang luko dahil tinuro niya pa ang sarili. Nakiki-usap akong umo-o nalang siya para matahimik na ang mga lukong to.

Mukang nakuha naman niya ang gusto ko iparating. Dahan-dahan siyang tumango para kompirmahin sa mga Ulupong na to ang sinasabi ko.

Nilingon naman namin si David na mabilis na inakbayan pasakal ni Denzel. Dahil sa antok muntik pa niyang hindi pansinin ang ginagawa sa kaniya.

**"L-let go."** Paos na sabi niya.

**"Pare... Mag-tropa tayo di ba? Ilibre mo naman kami mamaya."** Sabi ni Denzel at inuga-uga siya. **"Ninong ka naman ng magiging anak ko."**

Hinawi ni Dabid ang kamay niya. Babalik sana siya sa pagdukdok ng biglang dumamba si Ci-N sa kaniya. Dire-diretsong silang bumagsak sa sahig. Nawala ang antok niya habang iniinda ang braso at sikong tumama sa lamesa ko.

**"What the fvck?!"** Galit na sabi niya.

**"Sasama ka mamaya!"** Sigaw ni Ci sa kaniya.

Tinignan niya ng masama ang Batang Kumag. Halatang napikon siya sa ginawa nitong isa.

**"David."** Agaw ko sa atensyon niya.

Mahinahon siyang humarap sakin. Halatang galit pa rin siya sa ginawa sa kaniya pero pilit pinakalma ang sarili.

**"Sama ka mamaya sa Hepa Avenue."** Aya ko.

Pasimple siyang tumango bago tumayo at ayusin ang upuan at lamesa niya. Naging tahimik ang mga Ulupong dahil batid nila na wala na siya sa mood makipag-biruan.

Matapos maayos ang mga gamit. Dumukdok na ulit siya para matulog. Senyales para bumalik na naman sa pangungulit ang mga talipandas na to.

"*Dapat isama kami!*"

"*Akala ko ba magka-kaibigan tayo!*"

"*Dapat friends together, plak forever!*"

Napapangiwi nalang ako sa mga sinasabi nila. Nagkasumabatan na ngayon ng pagkaka-kaibigan. Lintik na libre yan! Baka pati hanging hinihinga ko isumbat pa nila.

**"Bahala nga kayo! Basta hindi ko kayo ililibre!"** Inis na sabi ko.

Halos sabay-sabay na bumagsak ang mga balikat nila. Wala na kong magagawa kung ayaw talaga nilang magpa-awat. Basta wala akong ipangli-libre sa kanila, tapos ang usap. Iiwan ko sila don kapag nagpumilit sila.

*Bahala sila maghagilap ng pambayad.*

**"Grabe naman! Parang hindi mo talaga kami tinuturing na kaibigan."** Sumbat ni Calix.

**"Pautangin nalang kita para mailibre mo kami."** Suhestiyon ni Drew at mabilis siyang minura ng mga kapwa niya Ulupong.

Siya pa may ganang magpa-utang. Hiyang-hiya kaming pinagkaka-utangan niyang sira-ulo siya. Minsan talaga sasampalin ko siya, back to back.

**"Tangina ka! Bayaran mo siya para mailibre tayo!"** Inis na sabi ni Felix.

**"Ay wala pala ako pera."** Sagot niya at tumalikod.

*Hudlong talaga ang Gago.*

**"Jay naman kasi..."** Paawang sabi ni Kit.

**"Wala nga akong pera. Anong gagawin ko?"**

**"Walang problema. Manghingi ng pondo."** Sabi ni Rory at dinukot ang cellphone sa bulsa.

Meron siyang tinawagan na pinagtaka ko. Lahat kami naka-abang sa kaniya. May pasulyap-sulyap pa siya sakin bago napangiti ng malapad at tapusin ang tawag.

*Sinong kausap niya?*

**"Okay na. May pondo na. Tuloy sa Hepa Avenue!"** Sigaw niya at naghiyawan naman ang mga patay gutom.

Pero kanino galing ang pondong sinasabi niya? Gustohin ko mang maging masaya dahil hindi na ko manlilibre, hindi ko magawa. Nakita ko pa si Ci-N na nag-sasayaw na parang bulate.

Iba kasi ang pakiramdam ko sa tinawagan ni Rory. Sino siya? At bakit ang bilis niyang pumayag na pondohan ang mga patay gutom na to. Malamang na mapera dahil ga-barangay ang katumbas ng mga to.

Napatingin ako kay Yuri na nakatingin din pala sakin. Pilit siyang ngumiti sakin na sinuklian ko naman.

*Siya ba?*

Pinili ko nalang wag intindihin kung saan galing ang pondo. Basta hindi galing sa kaban ng bayan at walang kapalit na ikapapahamak nila, ayos lang.

Naupo nalang ako sa pwesto ko pero hindi pa man din nag-iinit ang pwet ko ng sunod-sunod na magmura si Edrix at pilitin kaming lahat na buksan ang group chat namin.

Kinuha ko nalang ang phone ko at ginawa ang utos niya. Sunod-sunod ang pasok ng mga messages na muntik ko ng hindi masundan.

***Edrix:** tangina niyo! Kanina pa kayo!*

***Eren:** Galit na galit, gusto manakit.*

***Denzel:** Galit naman ni Ninong.*

***Josh:** Please @Denzel, wag mo ko kukuhaning Ninong.*

***Blaster:** Feeling mo naman kukuhanin kang Ninong.*

***Denzel:** lahat kayo Ninong. Pati si Jay-jay Ninong*😆😆

***Mayo:** Si Kit Ninang.*

***Felix:** may GC pala tayo?*

***Rory:** My nag-turn off ng notif.*

***Calix:** kahit sakin naka-turn off. Ingay niyo kasi.*

***Blaster:** lagi ka kasi naka-Mica. Naka-alert pa nga.*

***Rory:** dati pa meron pero hindi natin nagagamit. Meron kasi isa diyan, hindi nagbubukas ng fb at messenger.*
*Wag kayo mag-alala, hindi to si Jay-jay.*

Napangiwi ako sa sinabi ni Rory. Alam ko namang ako talaga ang tinutukoy nito. Huli ko na nakikita ang mga message nila kaya hanggang ngayon tawag at text pa rin ang ginagawa nila para makuha ang atensiyon ko.

Hindi naman kasi ako mahilig sa social media. Puro mga kaaway ko lang naman ang nagme-message sakin. Hindi rin naman ako mapag-post ng muka ko. Puro paninira din sakin ang ginagawa ng mga admirer ng mga Ulupong.

*Majority Jowa ni Eren.*

Pinagpatuloy ko ang pagbabasa hanggang sa nakita ko ang tunay na dahilan kung bakit kami pinipilit ni Edrix na magbukas. Nagpadala siya ng litrato na mukang sinend sa kaniya ng kung sino mula sa school. Isa yong announcement.

ANNOUNCEMENT

Due to the shooting incidents, school premises is still under investigation.

Along with the Police Authorities and Board Members, Students are suggested to send home.....

Hindi ko na tinapos ang nakasulat. Malinaw pa sa sinag ng araw na maaga ang uwian at ang dahilan...*may meeting.*

Sa pagkakataon na to, may mga police ng kasama. Malamang ko hindi sila nakapag-imbistiga ng maayos kahapon dahil sa dami ng mga istudyanteng pa-lakad-lakad sa harap nila.

Babalik ko sana sa bag ang phone ko ng maisip kong ituloy ang pagbabasa at pinili kong basahin ang mga naunang messages nila. Nung mga panahong wala talaga akong interes sa social media at meron akong nabasa na siyang nagpalaki ng butas ng ilong ko sa inis.

***Eren:** Taong bundok kasi yan si Jay. Hindi marunong gumamit ng Facebook.*

Mabilis kong nilingon si Eren na kasalukuyang ngumingiti sa harap ng cellphone niya.

*Hayop!*

At ang pang-aasar ng mga talipandas ay nasundan pa.

***Kit:** Yari ka mamaya.*

***Eman:** Busy lang talaga si Jay. Wag niyo na asarin.*

***Eren:** Busy saan?*

***Eman:** Sa pagkain.*

***Drew:** 😂*

***Denzel:** Hahaha... Hayop!*

***Blaster:** Inuubos ang laman ng ref! Hahahaha*

***Mayo:** inuubos ang ref!*

Umani ng maraming reaction ang sinabi ni Mayo. Hindi ko alam kung paano mumurahin tong mga hayop na to. Ganito pala ang sinasabi nila tungkol sakin.

Mapipilitan akong laging mag-online para lang murahin sila sa mga sasabihin nila tungkol sakin. Tinignan ko ulit ang mga messages nila.

***Yuri:** I'll teach Jay-jay on how to use facebook.*

***Eren:** Wag kang traydor Yuri! Wag kang traydor.*

***Calix:*** *Turuan mo! Kumbinsihin mo. Malamang may babahag ang buntot.*

***David:*** *I can talk to her and ask her to.*

***Yuri:*** *thanks. But I can do it.*

***Ci-N:*** *Kalibre!*

***Eren:*** *tangina Ci! Saan ka na naman galing?*

***Ci-N:*** *Dito lang. Katabi ko si Jay-jay.*

***Calix:*** *Ayan! Ipabasa mo chat ni Eren!*

***Eren:*** *Gago!*
*Gago!*
*Gago!*
*Gago!*
*Gago!*
*Gago!*

***Ci-N:*** *Papabasa ko?*

***David:*** *Do it! 😂*

***Eman:*** *I'm out.*

***Eren:*** *Tangina mo Clark Kent! Kasali ka dito!*

***Denzel:*** *Tawagin mo mga girlfriendsssss mo! Back up kamo!*

***Eren:*** *Ci-N!!!!!*

***Ci-N:*** *Papabasa ko na?*

***Eren:*** *WAG! LALABAS SI BARAKUDA!*

Kahit hindi pa ko nababasa ang kasalukuyang usapan nila, hindi ko na napigilan ang sariling kong mag-send ng message dahil sa inis ko sa mga pinag-sa-sabi nitong mga sira-ulo na to.

***Me:***
*Tangina niyo!*

Dinig ko ang pagmumura ni Eren at ng ibang Ulupong na malamang ko ay nakabasa ng message ko. Pero ang malutong na tawa at mura ay napalitan ng kakaibang reaksyon.

*Oooohhhhh*

Humaba na ang atungal ng baka. At dahil lang naman sa hindi ko inaasahan sumagot sa message ko.

***Keifer:*** *Profanity*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 317

**A/N:** ayaw dw pasakayin sa eroplano si Keifer. Lockdown pa rin dw. Charot!

Next update, uwi na talaga siya.

**Goals**

***Jay-jay's POV***

Sa pag-unlad ng panahon, hindi maitatanggi na malaki ang tulong ng social media. Marami ng nalalaman ang tao dahil dito. Updated na sila higit pa sa pinapalabas sa tv.

Pero minsan nagiging sobra na. Naniniwala akong kaya maraming malakas ang loob na kabataan ngayon, ay dahil feeling nila alam na nila ang lahat dahil sa tulong ng Social Media. Ang magandang naitutulong dati ngayon ay nagiging masama na.

Kaya ngayon, pinag-iisipan kong tanggalin ang messenger at facebook ko. Wala itong maidudulot na maganda sakin. Nakasisira ng buhay, masama sa kalusugan at higit sa lahat masama sa puso.

**"Jay... Nguyain mo muna ng maayos."** Sabi ni Yuri at inabutan ako ng inumin. **"Hindi ka matutunawan niyan."**

Hindi ko siya pinansin at pinagpatuloy lang ang pagsubo ng fishball. May nagbaba ng paperplate na puno ng barbecue sa harap ko. Sandali kong inangat ang paningin ko at bumungad sakin ang nakataas na kilay ni David habang pinagmamasdan ako.

Inayos niya ang upuan sa tabi ko at naupo. Pansin ko agad ang pag-iiba ng awra ni Yuri. Parang bigla nalang bumigat ang pakiramdam ko mula sa kaniya.

Pasimple ko siyang tinignan na kasalukuyang masama ang tingin kay David. Tumingin naman ako sa kabila pero wala namang paki tong isa. Kumuha lang siya ng barbecue at kumain.

**"Hindi mo kinaya no?"** Tanong niya matapos lunukin ang kinakain.

Kumuha din ako ng barbecue. **"Wala akong paki sa kaniya no."**

**"Kaya pala nabitawan mo cellphone mo."** Biglang singit ni Eman at kumuha din ng barbecue.

Nabitawan ko ang cellphone ko, matapos mag-chat ang Hari ng mga Ulupong. Saktong naglalakad ang Eman sa harap ko at siya na ang pumulot non para sa akin kanina.

Hindi na ko nagsalita pagkatapos non. Hindi ko na rin binuksan ang messenger ko. At sa mga oras ng natitira namin subject na papasukan, paulit-ulit na pumapasok sa isip ko ang pagtanggal ng application na yan sa cellphone ko.

**"Pasmado lang. Nadulas sa kamay."** Sagot ko bago sumubo.

**"Nguyain mo muna Jay."** Paalala ni Yuri.

**"Ano ba? Nginunguya ko naman."** May halong inis ang boses ko.

Kinuha ko ang inuming inalok niya at mabilis na nilagok. Ramdam ko ang pag-guhit ng pagkain sa lalamunan ko. Mukang hindi ko nga nanguya ng maayos.

*Mas masakit pa sa break up.*

**"Inumin pa?"** Tanong ni Yuri at mabilis naman ako tumango.

Saglit siyang nawala para bumili at pagbalik niya isang pitsel na ang dala niya.

**"Saan galing yan?"** Gulat na tanong ko.

**"Kay Manang..."** Sabay turo sa babaeng nagtitinda ng palamig.

Hindi nalang ako nagsalita at nagpasalin nalang ng inumin. Malaking ginhawa ang naramdaman ko. Kaya naman balik na ulit sa pagkain.

Saktong dating ni Felix na may dalang paper plate na puro ng Kikiam at Fishball. Sunod namang dumating si Rory na may dalang paper plate na puno ng calamares.

**"Penge!"** Sabi ko bago makituhog-tuhog.

**"Katakawan."** Parinig ni Mayo na palapit samin.

Napatingin ako sa dala niyang manga at bagoong.

**"Penge ako niyan."** Sabay turo sa hawak niya.

Balak sana niyang ilayo sakin yon pero mabilis ang kamay ni David para agawin ang hawak sa kaniya.

**"Hoy!"** Inis na sabi nito pero mabilis siyang inawat ni Kit.

**"Bumili ka nalang ulit."** Sabi niya at bigong tumalikod para bumalik sa binilhan niya.

Kaniya-kaniya na ng dala ang mga luko. Halos lahat yon binaba nila sa table. Nag-nining-ning ang mga mata ko sa dami ng pagpipilian.

*Kahit magkaroon ako ng Hepa. Ayos lang.*

**"Sa tingin niyo. Sino yung umatake satin nung nakaraan?"** Biglang tanong ni Eren kaya natahimik kami at napatingin sa kaniya.

**"Sino pa ba? Sa nagbabanta sa buhay ni Jay, isa nalang ang natitira."** Sagot ni Drew.

**"Si Ram."** Halos pabulong kong sabi.

**"Para kasing ang imposibleng siya."** Sagot ni Eren. **"Alam naman niyang kapag gumamit ng baril, makakatunog mga otoridad. Mas mabilis siyang mahuhuli."**

Mabilis na sumang-ayon ang mga kapwa niya Ulupong. Nagiging baka na naman sila.

**"Unless, he have someone on his back that is more powerful than the authority."** Sabi ni David kaya lumipat ang tingin namin sa kaniya pero lumingon naman siya kay Rory. **"Maybe Rory knows something."**

Takang tumingin si Rory sa kaniya at tinuro ang sarili. Hindi ko maintindihan kung anong gustong iparating ni David at kung bakit si Rory ang tinuro niya. Alam kong magaling maghanap ng information si Rory katulong ni Edrix pero hindi naman siguro siya lalagpas sa kakayanan ng imbistigador.

**"Wala Pre."** Tipid niyang sagot.

Kita ko ang simpleng pag-ngiti ni David bago uminom ng....*akin yan ah!*

**"Hoy, tigas ng muka mo maki-inom. Hindi ka naman nagpapa-alam."** Sabi ko at tinignan niya ko.

**"Ikaw nga hindi ko naman inaalok ng barbecue pero kumuha."** Sumbat niya at umani na naman ako ng pang-aasar mula sa mga kapwa niya Ulupong.

Napanguso nalang ako. Babalik na sana ako sa pagkain ng meron akong mapansin. Tinignan ko sila isa-isa at dun ko lang napatunayan na kulang kami.

**"Nasaan si Ci-N?"**

Agad na naglingunan ang mga luko para hanapin ang Batang Kumag. Bigla nalang akong kinabahan. Lalo na't kakatapos lang ng usapan namin tungkol sa kalaban. Baka may kumidnap na sa kaniya!

**"Hanapin niyo nga! Baka kung ano na nangyari don!"** Utos ko at mabilis naman sila nagtayuan para silipin ang bawat tindahan.

"*Ci-N! Nasan ka na naman?!*"

"*Hoy! Bansot! Labas na!*"

Pati ako naki-tingin-tingin na din sa ibang tindahan pero wala akong makitang bata na naka-uniform ng kagaya samin

**"Ci-N!"** Nag-alalang tawag ko. **"Hoy, lumabas ka na!"**

Pero kahit anong tawag namin walang Ci-N na lumabas. Nakabalik na kami sa pwesto namin kanina pero wala pa rin siya.

**"Nakita niyo ba?"** Tanong ko sa kanila.

**"Hindi rin sumasagot sa tawag ko."** Sabi ni David at sinubukan ulit na tumawag gamit ang cellphone niya.

Kung ano-ano nang pumasok sa isip ko. Naglalaro sa ideya na baka may dumukot na naman sa kaniya. Paano kung baka mas matindi ang danasin niya kumpara sa dinanas sa grupo ni Mykel.

**"Eto! Eto! Eto ang hinahanap natin!"** Sigaw ni Blaster habang nakaturo sa palapit samin.

Takang nakatingin samin si Ci habang naglalakad palapit. May hawak pa siyang surbetes sa magkabilang kamay.

**"Bakit?"**

**"Saan ka naman galing?"** May halong pag-aalala sa boses ko.

**"Hinabol ko yung nagtitinda ng ice cream."** Inabot niya sakin ang isang hawak. **"Binili din kita."**

Dahan-dahan kong tinanggap ang ice cream na inaabot niya. Gusto ko siyang singhalan dahil pinag-alala niya ko pero ano bang alam niya sa iniisip ko.

Sumobra lang ang reaksyon ko sa pagkawala niya.

**"Salamat."** Walang buhay kong sabi.

Ngumiti siya ng matamis sakin. **"Bayaran mo mamaya. 20pesos."**

Napangiwi naman ako. **"Akala ko naman libre."**

**"Wala ng libre sa panahon ngayon. Mahirap buhay."**

*Akala mo naman hirap na hirap talaga.*

**"Akala namin kung saan ka na napunta."** Sabi ni David.

Tinignan siya ni Ci at ngumiti ng nakakaloko. **"Namiss mo ko?"**

Mabilis na sumibangot si David at malakas na pang-aasar naman ang binigay ng mga kapwa nila Ulupong.

"*Sinasabi ko na!*"

"*Kasalanan mo to Kit!*"

"*Nakakahawa ba yan? Lalayo na ko!*"

Napapailing nalang ako habang patuloy sila sa pang-aasar sa dalawa. Nilantakan ko nalang ang ice cream dahil nagsisimula ng matunaw.

Buong akala ko talaga may masama ng nangyari sa kaniya. Hindi ko tuloy maiwasan na hindi isipin na mas mabuti kung magkakasama nalang talaga kami para nababantayan namin ang isa't-isa.

Matapos ang asaran, binalikan nalang namin ang orihinal naming ginagawa....*ang kumain.* Halos hindi maubos ang pang-aasar ng mga walanghiya. Nauwi sa kwentuhan tungkol sa exam at sa mga grades naming kumakaway. Kitang-kita kung sinong mga bokya palagi at sa kasamaang palad, kabilang ako.

*Lagot na naman ako nito.*

Ang kwentuhan sa grades ay napunta sa magiging buhay namin sa kolehiyo. Hindi ko maiwasang hindi malungkot. Hindi ko nga alam kung aabot pa kami dahil sa nagbabanta sa buhay namin.

**"Computer Engineering siguro."** Sagot ni Edrix ng tanungin siya sa kursong kukuhanin. **"Pero hindi pa ko sigurado baka magbago din isip ko."**

**"Wag mong sabihin na susundan mo si Fre— si Friend?"** Sabi ni Rory na pinagtaka namin.

Matalim ang naging tingin ni Edrix sa kaniya pero tumawa lang siya bilang sagot. Makahulugan ang palitan nila ng tingin na kulang nalang dagdagan ng murahan. Alam ko namang lagi silang magkasama kaya hindi na ko magtataka kung may alam siya.

*Parang kilala ko yang friend na yan.*

**"Ikaw David?"** Tanong ko sa katabi kong busy sa pamimitik sa noo ni Ci.

Tumingin muna siya sakin. **"Psychology. Gusto ko mag-psychiatrist."**

**"Yabang!"** Komento ni Eren kaya siya naman ang tinignan ko.

**"Eh ikaw?"**

**"Gusto kong maging Gynecologist."** Proud na sagot niya pero mabilis siyang nakakuha ng malakas na palatok sa batok galing kay Kit.

*Hanggang kurso, dala ang pagiging mapag-mahal.*

**"Umayos ka naman."** Inis na sabi ni Kit sa kaniya.

**"Ikaw Jay?"** Tanong sakin ni Ci.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Wala pa talaga akong naiisip. Ang dami kong option pero hindi ko naman alam kung lahat kakayanin ko.

**"Wala pa ko naiisip eh."**

**"Wala ka kasing isip."** Mabilis na sagot ni Felix at nagtawanan naman ang mga luko.

Inambaan ko siya ng bato ng stick pero mas tinawanan pa niya ko. Hindi naman sa wala talaga. Meron kasi akong napupusuan kayalang nakikita ko na ang magiging future ko.

*Bet kong maging teacher.*

Kayalang malamang na mabugbog ko ang istudyante ko. Idagdag pang mareklamo ako ng mga magulang at kapwa ko teacher. Ang ending tanggal sa trabaho.

Di ba? Ang linaw ng future ko.

**"Si Eman, obviously Culinary Arts."** Sabi ni Denzel.

**"Baka magbago din."** Sabi ni Eman. **"Masyadong madali ang kurso na yan para sakin."**

**"Wow. Great confidence comes with great responsibility."** May kasama pang pagpitik sa daliring sabi ni Eren. **"Tangina sa kayabangan."**

At nauwi na nga sa asaran. Hanggang sa nalipat ang usapan kay Ci-N.

**"Anong balak mo don sa eroplano?"** Tanong ni Edrix sa kaniya.

**"Akin pa rin. Mag-aaral ako mag-piloto."** Sagot niya habang pilit hinuhuli ng stick ang fishball sa paperplate.

*Anong eroplano?*

**"Hindi na ko magtataka kung sa susunod bansa na ang iregalo ni Kei—."** Hindi na natuloy ni Denzel ang sasabihin dahil sa paniniko ng mga katabi niya.

Kahit naman ginawa nila yon, naging malinaw pa din sa pandinig ko ang sinabi nila.

Nagregalo si Kei—*kwanan*, kay Ci-N. At kung tama ang hinuha ko, eroplano ang regalo sa kaniya.

*Eroplano. Lumilipad. Malaki. Mahal.*

**"N-niregaluhan ka ng eroplano?"** Hindi makapaniwalang tanong ko habang nakaturo sa batang kumag.

Nakangiti siyang tumango bago himudin ang sauce sa paperplate.

**"C-congrats. Sakay mo kami kapag may time."** Naiilang na sabi ko.

Hindi ko kinaya. Eroplano? Regalo? Tangina, ano yan? Gawa sa papel? Ganun siya kayaman? Para lang siyang nagregalo ng laruan. Barya lang siguro ang halaga ng eroplanong yon.

*Dapat yata hindi na ko maging malupit sa kaniya.*

Baka bigla nalang siyang mamili ng nuclear bomb at pasubugin ako habang naglalakad sa daan.

**"Abangan mo regalo sayo sa birthday mo."** Sabi ni Eren at kitang-kita ko ang pag-ngiwi ng mga kapwa niya Ulupong na para bang masamang bagay ang ginagawa niya.

**"Kahit wag na."**

**"Regalo non, malamang isang buong eat all you can restaurant tapos ikaw lang kakain mag-isa."** Sabi niya at tumawa ng malakas.

Sinabayan naman siya ni Ci-N na mukang hindi nakuha na hindi kami natutuwa sa joke nitong isa. Parang gusto ko silang saksakin ng stick.

*Bakit ba ganito sila?*

**"Gusto niyo mag-mall?"** Tanong ni Calix habang hawak ang cellphone. **"Andoon si Mica, tapos na daw sila ng mga groupmates niya."**

Mabilis kaming sumang-ayon at nagtayuan. Iniwan namin ang dalawang patuloy pa rin sa pagtawa sa sarili nilang kalokohan.

"*Ligpit niyo yan! Mahiya kayo sa susunod na kakain!*"

"*Susumbong namin kayo! Hindi niyo binalik ang pitsel!*"

"*Hindi kayo anak mayaman. Ligpit niyo yan.*"

Sabi ng iba habang mabilis silang nilalayuan. Agad na nagreklamo ang dalawa pero wala sila nagawa ng sitahin sila ng mga tindera malapit sa kinainan namin.

Kahit Hepa Avenue ang tawag sa lugar na to, malinis naman ang paligid. Pati mga kinainan hindi pwedeng basta nalang iwan.

**"Teka! Hintay niyo kami!"** Sigaw ni Ci.

Pero sa halip na hintayin, nagtakbuhan ang mga walanghiya. Naramdaman ko nalang ang kamay ni Yuri hinawakan ako sa pulsuhan at malakas na hinatak patakbo. Napilitan tuloy akong makitakbo-takbo na rin para iwan ang dalawa.

**"Mahuli may putok!"** Sigaw ni Drew kaya mas bumilis pa ang takbuhan namin.

**"Maniwala tanga!"** Ganti ni Blaster pero walang pumansin sa kaniya.

**"Makinig kay Blaster, may tulok!"** Sigaw naman ngayon ni Felix kaya nasamahan ng tawanan ang takbuhan namin.

**"Tangina ka Felix!"** Galit na sigaw ni Blaster pero mas lumakas lang ang tawanan namin.

**"Yung nauuna supot!"** Pakikisali ni Ci pero tinaas lang ni David at Felix ang gitnang daliri nila.

**"Sayo pa talaga nang-galing yan!"** Natatawang sabi ni Mayo.

Matindi ang naging pagsibangot ni Ci. Halos mawalan ako ng hangin dahil sa bilis ng pagtakbo at sinamahan pa ng pagtawa. Kaya pagdating namin sa Mall, kaniya-kaniya kami ng pag-sandal, pag-upo at pag-higa habang hingal na hingal.

Pinagtinginan tuloy kami ng mga tao dahil para kaming nasa bahay. Kagaya ni Denzel, Blaster at Drew na nakahiga sa gitna kung saan dumadaan ang mga tao. Agad tuloy silang nilapitan ng Security at pina-alis.

**"Ate! Panty mo pink!"** Sigaw ni Drew sa babaeng dumaan sa harap niya bago siya bumangon.

**"Bastos!"** Balik na sigaw ng babae.

Nagtawanan naman ang mga nakarinig dahil tuloy-tuloy pa rin itong naglakad sa kabila ng sigawan nila.

Tumayo ang Drew habang pinapagpag ang damit. **"Dapat kasi kapag dumaan sa harap ko, naka-lagay na cellphone number nila sa panty nila para yun ang una kong nakikita."**

**"Para namang matatandaan mo agad yon."** Sabi ko at halos umirap na ko sa kaniya.

**"Oo naman. Basta numero usapan."** Pagyayabang niya.

**"Kumusta naman mga utang mo samin?"** Sarkastikong sabi ko at mabilis siyang tumalikod.

*Tignan mo, tarantado talaga.*

Napanguso nalang ako pero agad naagaw ng atensyon ko ang palapit na Mica sa amin. Lakad takbo na ang ginagawa niya habang yakap ang bag at dalawang libro.

**"Baby!"** Tawag ni Calix habang kumakaway.

**"Baby!"** Salubong naman ni Mica sabay yakap sa kasintahan.

*Akala mo naman sampung taong hindi nagkita.*

Mabilis na humalik si Calix sa noo niya bago kami harapin at batiin isa-isa.

**"Hi Jay-jay!"** Kumakaway pa siya habang naka-ngiti ng matamis.

**"Hello, Mica."** Balik na bati ko naman.

Matapos ang batian, nag-usap na ang dalawa kung saan sila pupunta. Samantalang kami umiikot na ang paningin sa malapit na kainan.

**"Pupunta kami bookstore, sasama ba kayo?"** Anunsyo ni Calix at parang hirap sa pagtanggi o pag-sang-ayon ang mga kapwa niya Ulupong.

Halatang mga walang hilig sa bookstore. Ano nga naman ang gagawin nila don? Hindi naman nila makakain ang libro.

**"Sama kami ni Jay."** Sagot ni Yuri kaya pinandilatan ko siya.

*Ako pa talaga ang pinili niya.*

Halatang hindi papayag ang Yuri na tumanggi ako kaya tipid na pag-tango nalang ang ginawa ko.

Sa huli, walang nagawa ang iba kundi ang sumama. Bukod sa mahihiwalay sila sa amin, nagbanggit na ng kainan ang iba. Lalo ng sabihin ni Calix na kakain pagkagaling sa bookstore.

Nagsimula na kami na pinangungunahan ng mag-jowa. Napapangiwi nalang ako sa ka-sweet-an nilang dalawa. Lagi namang naka-alalay si Calix na akala mo buntis tong kaakbay niya at mabato ang nilalakaran.

*Ingat na ingat, baka madapa at mauntog. Magising sa katotohanang, walang forever!*

**"Hoy! Kit! Hintayin mo nga ako!"** Inis na sabi ni Mayo kaya napatingin ako sa kaniya.

*Eto pa isa!*

Sakto namang napalingon din siya sakin at bigla nalang sumilay ang nakakalokong ngiti mula sa kaniya.

**"Dito ka Kit!"** Sabay hatak kay Kit at tinabi sa kaniya. **"Sabay tayo, para relationship goals. Inggitin natin si Jay-jay."**

Sandaling lumingon sakin si Kit at napangiti. Umiling-iling pa siya bago makipag-holding hands kay Mayo.

*Tangina, landi!*

Nakarinig akong mahinang tawanan at don ko lang napansin na nakatingin pala sakin ang mga walanghiya habang pinagtatawanan ako.

"*Bitter na bitter.*"

"*Wag na mag-aampalaya.*"

"*Ang tindi ng sibangot.*"

Halos manlaki ang butas ng ilong ko sa inis sa kanila. Napapangiwi nalang ako dahil sa sobrang inis. Hanggang sa mapatingin ako kay Ci-N na titig na titig kila Kit at Mayo.

Kinalabit niya ang katabi. **"Dabid! Gusto ko din non, ng relationship goal."**

Mabilis na lumayo si David na para bang nabigla ng sobra sa sinabi ng batang kumag. Malakas na tawanan naman ang ginawa ng mga Ulupong na nakarinig sa kaniya.

**"Eto na nga ba sinasabi ko!"** Problemadong sabi ni Eren.

*O.A ah.*

**"Bumigay na!"** Sabi ni Felix at tumawa ng malakas.

**"I'm not surprised."** Komento ni Josh habang napapailing.

**"Tangina mo Barbie!"** Sigaw ni Blaster habang nakaturo sa tindahan ng mga laruan.

Mas malakas ang naging tawanan nila pero seryoso pa rin si Ci habang pinipilit si David sa relationship goal na yan.

**"Ano ka ba?! Anong relationship goal ka dyan!"** Inis na sabi ko.

**"Eh gusto ko din non."** Nakangusong pilit niya.

**"Ano namang relationship niyo?!"**

**"Mag-lolo!"** Mabilis niyang sagot at bahagyang natawa ang mga kapwa niya Ulupong.

Agad siyang sinibangutan ni David. **"What?!"**

**"Lagi kamong masakit ang likod mo. Para kang matanda. Kaya ikaw Lolo tapos ako Apo."** Ngimiti siya ng malapad. **"Relationship!"**

**"Sumasakit ang likod ko dahil sa kaka-pasan at kaka-damba mo."** Reklamo naman ni David sa kaniya.

**"Edi matanda ka na nga. Lolo Dabid!"** Mahina kaming natawa. **"Kung hindi ka matanda, pasan mo ko. Para goals."**

Mukang hindi alam ni Ci-N kung ano ang relationship goals. Basta-basta nalang siya nang-gaya sa ginagawa ni Kit at Mayo pero iba ang trip niya.

Marahas na kinamot ni David ang ulo niya pero sa halip na pagbigyan ang Batang Kumag tinalikuran lang niya. Mabilis namang kinuha ni Ci ang pagkakataon at sumakay na naman sa likod niya.

**"Relationship goals!"** Sigaw pa niya at malakas ang naging tawanan namin.

Sakal-sakal niya pa si David na halatang hirap na hirap dahil sa bigat niya. Napilitan tuloy kaming itulak sila para lang umusad na lalong nagpahirap kay Dabid.

**"Fvck this! Get off me!"**

Sa halip na tulungan siya mas lalo lang namin sila inasar. Paulit-ulit namin silang tinulak habang sumisigaw ng....

*Relationship Goals.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 318

**A/N:** Joke lang, sa susunod na chapter talaga ang balik na Keifer. Tapos na daw *kwarantin* niya.

Hope you guys enjoy.

HAPPYISH BORNDAY!
BheBheriel
Inday Mahal
BloodieMeer

Special Greetings to may sister Ayessa Mae. She's a frontliner at matagal-tagal ng hindi nakakauwi. Too bad, hindi mo kami papakainin ng handa. Hehe.

**Mall**

***Jay-jay's POV***

Awang-awa ako kay David. Ang kisig at tikas ng tingin ko sa kaniya dati pero ngayon para na siyang lantang gulay. Idagdag pang kasama ako sa nambuska sa kaniya kanina.

Kaya bilang pambawi binilan ko siya ng inumin habang naghihintay sa labas ng bookstore. Naglisawan naman ang mga Ulupong dahil saktong may nagaganap na event sa hindi kalayuan. Maraming babae na naka-skirt at blouse na fit ang sumasayaw.

Nilapitan ko si David na nakaupo sa isang bench sa gitna ng daanan. Panay ang suntok niya sa balikat at braso na parang minamasahe niya.

**"Para sayo."** Sabi ko sabay abot ng milktea.

Tinignan niya ang hawak ko pero ang bote ng tubig sa kabilang kamay ko ang kinuha niya.

**"Tubig nalang."** Sabi niya sabay paikot ng takip.

Napangiti naman ako don. Hindi ko na kasi afford bumili ng dalawang milktea kaya tubig nalang sana ang sa kaniya at akin ang ligaya. Kaso nakonsensya naman ako kaya bibigay ko nalang sana ang milktea sa kaniya. Mabuti nalang at siya na ang nag-desisyon.

*Akin ang ligaya.*

Umupo ako sa tabi niya. **"Sure ka, ayaw mo?"** Paninigurado ko bago tusukin ng straw ang cover ng cup.

Ngumiti siya at umiling. **"Mas ayokong makita na hindi mo nakukuha ang gusto mo."**

Pinaningkitan ko siya ng mata. **"Taray. Ini-spoiled mo ko ah? Swerte ng girlfriend mo sayo."**

**"Kung kami pa, siguro oo."**

Napahinto ako sa sinabi. **"A-ano?"**

Uminom muna siya at mabilis na tinakpan ang bote bago sumagot. **"Wala ka nabalitaan?"**

Umiling ako. Pero meron naman ako hinala dahil nga sa mga napapasin ko sa kaniya.

**"Ayun, pag-uwi galing New York. Mas malamig pa sa klima ng America."** Sabi niya at napailing. **"Akala ko jetlag lang."**

**"A-ano nangyare?"**

**"May iba ng kinahuhumalingan."**

*Aray...*

Parang nawalan ako ng gana uminom ng milktea. Pero parang lang naman, syempre uminom pa rin ako.

Ibang klase din. Kaya nga nagtrabaho si David kay Percy para sa kaniya tapos ganon lang ang ending nilang dalawa. Nakakalungkot. Ang laki din ng pagod at hirap niya.

**"H-hindi ka man lang kinausap ng maayos?"** Tanong ko na may halong akusa.

**"She did try to talk to me. But obviously feel shame so it took her multiple attempts."**

Napailing ako. Marunong din naman pala mahiya yung babae. Pero mas naaawa pa rin ako kay David.

**"Tapos? Paano nagkalabasan ng totoo?"** Tanong ko pa na parang nakiki-tsismis talaga. Humigop pa ko ng milktea sunod nguya ng pearl.

*Nguya-nguya.*

**"Ako na nag-open ng usapin. Ayun, she finally had the courage to tell the truth."**

Humigop ulit ako ng milktea habang nakatingin sa kaniya. Napapalingon pa siya sakin habang nginunguya ko ang pearl ng mabagal.

**"Tinanggap ko nalang. Ganun din naman ako sa kaniya."** Sabi niya at unti-unting tumitig sakin.

Matagal bago ko napansin. Matagal bago pumasok sa isip ko. Matagal bago naging malinaw.

Natahimik ako sa sinabi niya. Muntik ko pang malunok ng diretso yung pearl. Tuluyan ng hindi naalis ang mga mata ko sa kaniya. Halos manlaki pa ang mga mata ko ng maisip ng maayos ang mga sinabi niya.

*Ganun din naman ako sa kaniya?*

**"P-pati ikaw?"**

Hindi na rin niya naalis ang tingin niya sakin. Kitang-kita ko ang pagbukas ng bibig niya at pagsara ulit non. Pati ang pagtaas at baba ng adams apple niya napansin ko.

**"J-jay..."**

**"Pati ikaw nagka-gusto na din..."** Napabuntong hininga ako ng malalim. **"Nagka-gusto ka din sa iba?! Tanginang feelings yan! Bakit ganyan?!"**

Kita ko ang pag-ginhawa ng reaksyon niya. Para siyang biglang nabunutan ng tinik. Mahina pa siyang napabuga ng hangin.

*Bakit ganon ang reaksyon niya?*

**"Pati nga ikaw?"** Tanong ko pa ulit.

Tumango siya. **"At least pareho kami di ba?"**

Napatango ako. May punto siya don. Walang nagkasakitan at walang sisihan. Pareho nilang mapapalaya ang isa't-isa. May panghihinayang pero at least maayos nilang natapos ang lahat.

**"At pareho din kaming hindi magugustuhan ng mga gusto namin."**

Taka ko siyang tinignan. **"Bakit naman? Eh si David ka, tinalo mo si Gulayat."**

Natawa naman siya habang napapailing. **"Wala eh. May tama na sa iba yung nagustuhan ko."**

*Seket nemen.*

**"Nakakalungkot. Gusto mo tugtugan kita gamit ang pinakamaliit na violin sa mundo."** Sabi ko at tinaas ang dalawang daliri ko bago pagkiskisin yon at gumawa naman ako ng pekeng tunog.

*Salamat kay Mr. Crabs.*

Malakas siyang natawa. **"Salamat sa libreng music."**

Napangiti naman ako. At least, napagaan ko ang pakiramdam niya. Hindi nga siya nasaktan sa break up nila, nasaktan naman siya sa taong nagustuhan niya.

**"Paano yung nagustuhan ng girlfriend— ex mo pala? Kilala mo?"** Tanong ko bago humigop ng milktea.

Tumango siya. **"May tama sa sarili. Si Percy."**

*Anak nang...*

Bigla ko nalunok ng buo yung pearl. Kanda ubo ako dahil don at agad naman siyang umalalay.

**"Shit."** Sabi niya at binuksan ang boteng hawak para ipainom sakin ang tubig.

Tinanggap ko naman ang bote at mabilis na uminom. Wala na kong paki kahit ininuman na niya ang bote.

Habol ko ang hininga ko matapos makainom. Tinignan niya ko ng may pag-aalala. Nakakabigla naman kasi. Magj-joke nalang yung alanganin pa.

*At si Percy pa talaga.*

**"Wag ka kasi magj-joke ng alanganin."** Sabi ko habang binabalik sa kaniya ang bote.

**"Hindi yon joke."** Seryosong sagot niya.

Nanlaki ang mga mata ko habang pinupunasan ang bibig ko. **"Hindi nga?"**

Tumango siya. **"Lagi sila nagkikita non sa New York. Friendly naman si Percy kaya hindi na ko nagtataka."**

**"A-alam ni Percy?"**

**"Ang alam ng ex ko, Percy doesn't know."**

Pero alam na alam niya. Siya pa? Malamang na kanda taas na naman ang tingin sa sarili niya ng malaman niya yon. Baka nadagdagan ang level ng bagyo.

*Signal No.* 7

**"Parang naaawa ako sayo."** Sabi ko habang medyo natatawa.

**"What for?"**

**"Sa lahat naman magu-gustuhan si Percy pa."** Sagot ko at natawa na rin siya.

Gwapo naman ang step-brother ko na yon. Kaso nga lang natatangay ang pagkamangha niya sa sarili, kaya mas nagmumuka siyang komedyante.

**"Wala eh. Iba ang kagwapuhan."** Sabi niya na mas nagpalakas pa sa pagtawa namin.

**"What so funny?"** Biglang tanong ni Yuri na nakalapit na pala samin.

Mukang kalalabas lang nila ng bookstore. Kasunod niya sila Mica at Calix. At si Josh naman hinihintay matapos si Eman mula sa cashier.

**"Pinag-uusapan namin si Percy."** Napatingin ako sa paper bag na hawak niya. **"Ano binili mo?"** Tanong ko at kinuha ang paperbag sa kaniya.

**"Some books."** Walang buhay niyang sagot kaya saglit akong tumingin sa kaniya.

Seryoso ang mga tingin niya kay David. Bigla kong naramdaman ang tensiyon lalo na ng tumayo din siya para salubungin ang tingin ni Yuri. Pati tuloy ako napatayo din at napatingin sa kanilang dalawa.

**"B-bakit?"** Tanong ko sa kanila pero walang sumagot.

Tumingin ako kila Calix na ngayon ay katabi na sila Josh at Eman. Nagbabakasali ako na alam din nila ang nangyayari pero mukang wala din silang clue.

**"Know your place Braselton, know your place."** Sabi ni Yuri na lalong nagpabigat sa sitwasyon.

Ngumisi si David. **"I know exactly my place. Do you know yours?"**

*Ano na naman to?*

Alam kong parang mainit ang mata ni Yuri kay David pero hindi ko naman alam na aabot sila sa ganito. Pakiramdam ko tuloy may nangyaring hindi namin alam.

**"D-david. Yuri."** Malumanay na tawag ko sa kanila.

Ayokong may mag-away na naman sa section namin. Kakatapos lang ng gulo at may panibago pa kaming kalaban. Hindi namin kakayanin kung kami mismo sa loob ng room ang may problema habang pinupuntirya kami ng kaaway namin.

Halos magkasunod na bumitaw sa titigan ang dalawa. Lumapit sakin si Yuri at buong akala ko kukuhanin niya ang paperbag pero kamay ko ang hinawakan niya.

**"Let's go."** Sabi pa niya.

Wala akong nagawa kundi ang sundin siya. Sinubukan ko pang linungin si David pero hinatak ako ni Yuri palapit sa kaniya. Alam ko namang susunod sila samin pero ayoko ng ganito na may tensiyon sa pagitan namin.

**"Yuri."** Tawag ko sa kaniya. **"Ano bang nangyari?"**

Huminga siya ng malalim at binagalan ang lakad. **"Why do have to be so innocent?"**

*Eh?*

Anong sinasabi niyang inosente? Taka ko siyang tinignan pero nagpilit lang siya ng ngiti. Naging normal na rin ang lakad niya at nawala ang tensiyon sa balikat niya. Pero hawak pa rin niya ang kamay ko.

Palapit kami sa event na nagaganap sa gitna ng mall. Kasalukuyang nanonood ang mga Ulupong na tuwang-tuwa kapag lumilipad pataas ang skirt ng mga babaeng nagsasayaw. Pero isang bagay ang napansin ko. May naka-akbay kay Felix pasakal sa leeg niya habang parang binabanatan siya.

**"Si Felix."** Sabi ko habang nakaturo sa kaniya.

Sinubukang lumaban ni Felix kaya napaikot sila ng tuluyan at nakilala ko ang gumagawa non sa kaniya.

**"Hoy Percy!"** Tawag ko na bahagyang napalakas.

Huminto sila pareho at humarap sakin.

**"Pareng Jay-jay. Kumusta?"** Bati niya habang batak-batak pa rin si Felix.

*Pare? Ginawa pa kong kumpare.*

Habang palapit, pilit pa ring kumakawala ang kapatid niya sa kaniya.

**"Bitawan mo na kaya ako."** Reklamo ni Felix.

Hinampas siya ni Percy sa ulo. **"Hindi kita bibitawan. Pinag-aaral ka ng maayos tapos makikita kitang nanonood ng mga babaeng nagsasayaw."**

**"Nanonood ka din kaya!"** Sagot ni Felix at nagpambuno na naman sila.

Tumigil lang sila ng tuluyan ng makalapit samin. Napansin agad ni Percy ang kamay ni Yuri na nakahawak sa kamay ko. Binitiwan niya si Felix at nakangising humarap samin.

**"Ano? Sinusulit mo na ba?"** Tanong niya kay Yuri. **"Sulitin mo na hanggat kaya mo."**

Taka akong nakatingin sa kanila. Nagsisimula na namang magkaroon ng tensiyon.

**"Bakit nandito ka Percy?"** Agaw ko sa atensyon niya. Mabuti nalang at humarap siya sakin.

**"Bibili sana ako, tapos nakita ko tong—"** binatukan niya si Felix. "**—mokong na to na nanonood lang."**

Mukang napikon si Felix sa kaniya at akmang gaganti ng ambaan siya ng suntok ni Percy. Agad akong pumagitna dahil baka magkaseryosohan na at mauwi sa suntukan.

**"Wala na kaming klase!"** Paglilinaw ko bago ilayo si Felix sa kaniya. **"Magtanong ka kaya muna!"**

Napahawak sa dibdib si Percy na para bang nasaktan sa sinabi ko. O.A. na naman!

**"Ang mga kapatid ko pinagtutulungan ako!"** Sabi niya at parang maiiyak. Agad siyang lumapit kay David para isandal ang ulo niya sa balikat nito. **"Ang sama nila sakin David—uy milktea, penge!"**

**"Akin yan!"** Sigaw ko pero nakuha na niya at naka-inom na.

*Tignan mo, kapal ng muka.*

Nawala sa isip ko na naibaba ko ang hawak kanina. Kung alam ko lang na dinala ni David yon para sakin, nakuha ko na sana bago pa makita ng Perting na to.

**"Sarap!"** Sabi pa niya sabay ngiti. **"Gusto mo?"** Alok niya sakin.

**"Wag na! Kakahiya sayo!"** Inis na sabi ko pero tumawa lang siya.

*Wag ka sanang hindi mabilaukan.*

Hinintay naming matapos ang palabas dahil enjoy na enjoy pa rin ang mga tukmol sa panonood. Pinangungunahan ni Ci-N na minsang pang sumabay sa steps ng sayaw. May pakaway-kaway pa sa mga babae. At syempre hindi mawawala si Eren na akala mo kandidato pero puro maganda at sexy lang naman ang kinausap.

Magkatabi kami ni Yuri at pansin ko na parang malalim ang iniisip niya. Bahagya ko siyang siniko para agawin ang atensiyon niya.

**"Bakit ang tahimik mo?"** Tanong ko.

Ngumiti siya at inabot ang takas na buhok sa muka ko para ilagay sa likod ng tenga ko. **"May iniisip lang ako."**

**"Ano yon?"**

**"Ikaw."** Mabilis niyang sagot.

Napangiwi ako. **"Nasa harap mo na ko tapos iniisip mo pa rin ako? Hindi ka pa ba nagsasawa sa muka mo?"**

Sumilay ang matamis na ngiti sa labi niya. **"Never."** Sagot niya at hinalikan ako sa noo.

Bago pa man ako makapag-protesta sa ginawa niya, may lumipad na basyo ng milktea cup papunta sa kaniya. Tumama yon sa batok niya.

**"Oopps. Nadulas."** Dinig kong sabi ni Percy.

Kita ko ang pagkapikon ni Yuri pero pilit pinakalma ang sarili. Nang tignan ko naman ang talipandas kong step-brother, nakikipag-tawanan na siya kay David.

*Sira-ulo.*

**"Hayaan mo na Jay."** Sabi ni Yuri at pinunasan ng panyo ang batok.

Hindi ko maiwasang mapatitig sa kaniya at kay Percy. Mula ng bumalik ang tukmol na step-brother ko, wala akong maalala na ngumiti siya kay Yuri kagaya ng ginagawa niya kay Aries at Kei—*kwanan.*

Oo, nagkakasama sila pero parang kaswal lang at hindi nila kakilala ang isa't-isa. Minsan ko ng tinanong kay Percy ang dahilan pero ayaw naman siyang sabihin at pinag-awayan pa namin.

**"Yuri, bakit ba parang ang init ng mata sayo ni Percy?"** Nag-aalalang tanong ko.

Sandali siyang tumigil at tumitig sa sahig. Akala ko sasabihin na niya sakin ang dahilan pero ng mag-angat siya ng tingin, nagkibit balikat lang siya sakin.

Hindi ko pa rin inalis ang tingin sa kaniya. Bakit sa pagdaan ng mga araw parang may mali sa kaniya? Pagkabalisa niya, ang hindi pagpasok ng walang dahilan, pagtatago ng problema niya at ngayon apgsisinungaling niya.

*Anong nangyayari sayo Yuri?*

Narinig ko ang pagpapasalamat ng host ng event mula sa speaket pero ang boses ng pamilyar na tao ang umagaw ng pansin ko o ng pansin naming lahat.

**"Hello? Nag-enjoy kami sa panonood! Binabati ko nga pala mga kaibigan ko! Section E!"** Masayang sabi ni Ci sa mic at tumatalon-talon pa. **"Si Lolo Dabid! Sana hindi na masakit likod mo! Eren! Madami ka na ulit girlfriend?! Eman—man of steel yan! Si Kit at Mayo! Haha landi nila! Josh! Wala lang! Blaster! Wag ka sasabog! Rory, rory, rory, rawr! Drew! 7 ko, balik mo na! Denzel! Sana lalaki anak mo! Pwede rin babae! O kaya barbie!"** Naghanap pa siya ng mababati. **"Edrix, Calix, Felix! Puro sila Lix—teka asan na yun?!"** Nahanap niya ang dalawa malapit samin at kumaway. **"Ayun sila! Ay sino yon?! Ay may supot!"**

Kita ko ang ambang paglapit ni Percy pero mabilis siyang pinigilan ni Felix. Wala namang sinabing pangalan pero apektado siya masyado. Nagpaghahalata tuloy.

*Tapos sasabihin nakakamangha daw.*

**"Ayun! Jay-jay!"** Tawag sakin ni Ci habang kumakaway.

Napangiwi ako lalo na ng mapansin ang paglingon ng mga nanonood sa gawi ko. Gusto ko nalang takpan ang muka ko para hindi nila ko makita.

Tumalon-talon pa si Ci-N. **"Kaway ka dito Jay-jay!"** Napilitan ako kumaway ng bahagya. **"Wag ka na malungkot! Wag ka mag-alala, malapit ng—!"** Naputol ang sasabihin niya at napalitan ng matinis na tunog galing sa speaker.

Nang silipin namin siya, batak-batak na siya nila Edrix st Rory. Naka-angat ang mga paa sa ere dahil mas matangkad ang may bitbit sa kaniya.

Palapit sila samin at kasunod ang ibang mga Ulupong. Napataas ang isang kilay ko ng mapansin ko si Eren na may babaeng kausap. Matamis ang palitan nila ng ngiti. Inabot ng babae ang cellphone sa kaniya at nagtype doon. Nagpa-cute pa siya bago ibalik ang cellphone at magpaalam sa babae.

*May bago na naman siya, may basher na naman ako.*

**"Hindi pa ko tapos magsalita!"** Reklamo ni Ci bago siya pabatong binitiwan.

**"Hoy David! Asikasuhin mo tong apo mo!"** Sabi ni Blaster.

Lumapit naman si Ci sa kaniya pero pinukpok lang niya ng bote. Nakasibangot namang humarap sakin ang Batang Kumag.

**"Kakain na ba tayo?"** Nakangusong tanong niya.

Kinurot ko ang pisngi niya. **"Oo, kakain na."**

Kaniya-kaniya na ng sabi ng kainan ang mga luko. Ang iba fast-food ang gusto pero ang iba naman yung mabigatang kainan.

**"Mag-eat all you can nalang tayo."** Suhestiyon ni Percy kaya napalingon kami sa kaniya.

*Kasali ka?*

**"Ay kapal. Hindi naman belong."** Parinig naman nitong isa.

At nagsimula na nga ang sagupaang Percy at Ci-N. Palitan ng maaanghang na salita. Insulto at syempre hindi mawawala ang mabigat na bansag nila sa isa't-isa.

**"Bansot! Bansot! Bansot!"**

**"Supot! Supot! Supot!"**

**"Mas matangkad pa sayo to! Lightsabers to!"** Giit ni Percy.

**"Supot pa rin!"**

Pinagtitinginan na kami ng maraming tao. Nakatanga namang nanunuod ang mga Ulupong habang ako napapakamot nalang sa ulo.

Lumapit sakin sila Mica at Calix. Halatang nakukunsume na rin sa dalawa.

**"Hahanapin muna kami ng kainan. Text nalang namin kayo."** Sabi ni Calix.

**"Hahanap na rin siguro kami."** Sagot ni Yuri.

Kaya ang ending, iniwan namin sila at naghanap ng kakainan. Sa kabilang bahagi ng mall naghanap sila Calix kami naman ni Yuri sa kabilang direksiyon.

Kung ano-anong kainan na ang nasilip namin. Pero karamihan alam naming mabibitin kami. Mukang tama si Percy, baka nga mag-eat all you can nalang kami.

*Kasali siya, nakakahiya naman sa kaniya.*

**"Tawagan ko na si Calix."** Sabi ni Yuri at nag-dial sa cellphone niya.

Habang nag-uusap sila napansin ko ang takbuhan ng ilang mga tao papuntang iba't-ibang direksyon. Mabilis na nahawi ang naglalakad.

Nilingon din ni Yuri yon. **"Ano nangyayari?"** Tanong niya at ginamit ang braso para iharang sa harap ko at pasimple akong itulak papunta sa likod niya.

Sasagot palang sana ako pero sa hindi ko maintindihang pangyayari, bigla nalang may bumunggo sakin. Sa lakas ng pagkakabunggo niya literal akong gumulong sa sahig.

**"Tangina..."** Nalang ang nasabi ko.

*Plakda!*

**"Jay-jay!"** Sigaw ni Yuri habang palapit sakin.

**"I'm so sorry!"** Sabi ng isang babae na may kakaibang accent.

*Parang narinig ko na ang accent niya.*

Una kong napansin ang mahabang buhok niya. Sobrang haba na sumayad na sa sahig ng lumuhod siya para tulungan ako. At kulay pula—natural na pula.

Akala ko sa anime lang may ganitong buhok. Pero mukang nakaharap ko na ang real life.

Nang iangat ko ang muka ko, ang makinis niyang muka ang bumungad sakin. Walang pores! Hiyang-hiya ang muka kong may peklat ng pakikipag-away ko.

**"Okay ka lang Jay?"** Tanong ni Yuri at lumuhod din para tulungan ako.

Pero sa halip na itayo ako ng isa sa kanila, walang gumalaw ng magkasalubong ang mga mata nila. Nagtitigan pa sila na parang kinikilala ang isa't-isa. Parang sa pelikula na na-love at first ang mga bida.

*Kaso bakit ako nakagitna.*

Akala ko nagkakamabutihan na sila pero unti-unting nagsalubong ang kilay ng babae na para bang nainsulto siya sa buhok ni Yuri. Andoon na kasi ngayon ang titig niya.

Humarap siya sakin at bahagyang nag-bow. **"I'm sorry again."** Sabi niya at akmang tatayo na pero pinigilan siya ni Yuri.

**"Wait!"** Sabi niya sabay hablot pero sa halip na braso ang mahawakan niya ang mahabang buhok ang nahatak niya.

**"*Itai!*"** Sigaw ng babae at napasubsob sakin dahil sa lakas ng pagkakahatak ni Yuri.

**"Aray..."** Bulong ko at lalong hindi nakabangon.

*Baka pwedeng itayo niyo muna ko.*

Kaya pala pamilyar ang accent niya. Kasi pala magkalahi sila nitong kasama ko.

Kita ko ang pagkabigla nila pareho. Lalo na ng babae dahil hindi niya inaasahan ang paghatak sa buhok niya. Tinignan niya ng masama si Yuri kaya agad nama siyang binitiwan nito.

Sunod-sunod ang sinabi niya sa salitang hapon. Napataas nalang ang kilay ko dahil kahit hindi ko naiintindihan alam kong mura yon. Minumura niya si Yuri na nakatanga lang sa kaniya.

Mabilis na tumayo ang babae at tumakbo paalis. Hindi na ko nagawang tulungan lalo na nitong katabi kong parang nakita si kamatayan. Ako na ang tumulong sa sarili ko na makatayo habang nakasalampak pa rin siya sa sahig.

**"Ano? Dyan ka nalang?"** Tanong ko sa kaniya habang pinapagpag ang sarili ko.

Tumayo siya na hindi pa rin nagbabago ang itsura. Hindi ko maiwasan na hindi nag-alala.

**"Huy! Anyare sayo?"**

**"I'm dead."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 319

**A/N:** The long long long long long wait is over.

Bakit bigla ko narinig boses ni Jin na gumagawa ng hoarse sound? Weird! 😂😂

**Home**

***Jay-jay's POV***

Meron akong package. Galing ng Japan. Gusto ko sana matuwa kaso wala naman akong maalala na namili ako online at wala ring sinabi sakin si Yuri.

*Siya lang ang kilala kong taga-Japan.*

Natatakot tuloy akong buksan. Pero kung hindi ko naman bubuksan, mala-late ako. Magagalit si Aries at sasabihing ang bagal ko.

Akala mo naman napaka-bilis niya. Naniniwala talaga akong wisik-wisik lang ang ginagawa niya sa banyo. Tapos magpapabango lang at babasain ng kaunti ang buhok para masabing naligo siya.

*Haha style mo bulok.*

Kung sana sinabi na nila sakin kagabi na may package pala ako edi sana hindi ako nagagahol sa pag-iisip kung bubuksan ko ba ngayon o mamaya nalang.

Bandang huli, wala akong pagpipilian kundi ang buksan na. Kinuha ko ang cutter sa study table ko at pinasadahan ang packaging tape. Pabato ko yung binalik sa lamesa.

Kinakabahan pa ko habang dahan-dahang binubuksan ang kahon. At nang tuluyan ko ng makita ang loob.

*Puro bubble wrap.*

Napakamot ako sa ulo bago alisin yon at tuluyan ng makita ang tunay na laman ng kahon. May pugot na ulo. Ulo ni Snorlax! Ay hindi, ulo lang talaga. Malapad na unan na may disenyo ni Snorlax.

Kinuha ko yon at tinanggal ang balot na plastic. Ang lambot at ang sarap yakapin. Nilapitan ko ang Snorlax kong madalas kong katabi sa gabi. At hinarap sa kaniya ang unan.

**"Tignan mo! May kapatid ka na!"** Sabi ko at pinagtabi sila sa kama.

Kaso mabilis na natumba si Snorlax na buo palayo sa Snorlax na ulo. Inayos ko siya ng ilang ulit pero laging ganon ang nangyayari.

*Mukang ayaw niya sa malaking ulo niya.*

Hinayaan ko nalang binalikan ang kahon. Tinignan ko kung may laman pa pero wala na kong makita sa loob kundi bubble wrap. Tinignan ko naman ang labas ng kahon sa pagbabakasali na may pangalan ng pinanggalingan pero pangalan at address ko lang ang nakalagay.

**"Bakit ganito ang pangalan?"** Takang tanong ko.

*My Queen Jasper Jean Mariano.*

Kailan pa nagkaroon ng '*My Queen*' ang pangalan ko? Hindi yata para sa akin to? Kayalang ako lang naman ang Jasper Jean dito. Baka nagkamali lang.

Titignan ko pa sana ang mga nakalagay sa sticker pero narinig ko na ang pagkatok ni Aries sa pinto ng kwarto ko.

**"Bilis! Mala-late ako!"** Sigaw niya.

*Tapos na siyang mag-wisik-wisik.*

**"Oo na!"** Sagot ko bago ibaba ang kahon at kuhanin ang bag ko.

Balikan ko pa si Snorlax na buo para ayusin pero natumba na naman siya. Ayaw talaga niya sa malaking ulo na kamuka niya.

Lumabas na ko ng kwarto at dumiretso palabas ng bahay. Hindi ko na nabati si Tita dahil tumalikod na siya papuntang kusina. Napabuntong hininga nalang ako.

Pagsakay sa kotse ni Aries, napansin ko agad ang kakaibang expression niya.

**"Bakit ganyan itsura mo?"** Tanong ko habang inaayos ang seatbelt ko.

Napahawak siya sa manibela ng kotse. Ilang beses siyang umubo bago paandarin ang kotse papuntang school.

Hindi ko maiwasang makaramdam ng kakaiba dahil sa asta niya. Pakiramdam ko may nangyaring hindi maganda kahapong wala ako o kaya naman may ginawa ako. Minasama yata niya ang pamamasyal namin kahapon.

Hindi pa kami nakakalayo sa bahay ng mag-ring ang phone niya—bagong phone niya. Dahil nakadikit yon sa dashboard kitang-kita ko ang muka ni Ella sa screen. Sinagot yon ni Aries at dahil nagd-drive siya naka-loud speaker ang usapan nila.

**["*Aries.*"]** Bungad ni Ella.

*Walang tawagan? Baby? Babe? Love? Ganern?*

**"Ella."** Sagot nitong kapatid ko.

Yun na yon? Napaka-plane naman ng pagmamahalan nila. Wala man lang tawagan. Kapag ako nagka-jowa ulit mabangis ang tawagan.

Gardo o kaya Tagpi. Minsan Puti o kaya Kimchi. Kapag naman sweet kami, sugar o kaya choco chips. Kapag may topak, tama ng Luyang dilaw. Kapag galit-galit kami, Tangina o kaya Punyeta ang magiging tawagan namin. Di ba? Panis!

Pinakinggan ko ulit ang mag-jowa. Minsan bibigyan ko sila listahan ng endearment.

**["*Andito na siya.*"]** Walang buhay na sabi ni Ella.

Sandaling tumingin sakin si Aries. Bago sumagot sa jowa niyang humahabol ng Miss Universe. Ang sarap ipatapon sa kalawakan.

**"I know."** Walang buhay din na sagot nitong kapatid ko.

**["*Alam ba niya?*"]** Tanong ni Miss Universe.

Nababanas ako sa usapan nila. Ang lamya na nga ang bagal pa. Daig pa namatayan. Wala ng tawagan, wala pang buhay. Kahit kaunting tamis wala! Nag-jowa ba talaga to?

**"I don't know. I'll talk to you later. I'm driving."** Sabi nitong kapatid kong Horoscope.

Hindi siguro maganda ang hula niya sa kapalaran nilang dalawa kaya ganitong matamlay siya. Dapat nagdala siyang kontra malas.

**["*Aries, I love you.*"]**

*Ay wow!*

Matagal bago sumagot tong isa sa kaniya. Napaubo pa siya ng ilang beses.

**"I know."** Sabi nitong tukmol kong kapatid at pinatay ang tawag.

Gusto kong tumawa ng malakas. Bastos din minsan tong si Aries. Sinabihan ng '*i love you*' tapos ganun lang ang sagot. Gago rin!

**"Ang tamis ng pagmamahalan niyo no?"** Pang-aasar ko pero wala akong nakuhang sagot sa kaniya kaya umirap nalang ako.

Wala sa mood. Hindi siguro maganda ang pwesto ng mga stars sa langit. Hindi siya nakahula ng magandang kapalaran ngayon.

Pagdating sa school napansin ko agad ang dami ng mga istudyanteng nakabalandra sa daan. Parang may dumaang artista. Pinaka-marami ang bilang ng babae at maging mga ibang year level nakapaligid sa main building ng year level namin.

*Anong meron?*

Pinarada ni Aries ang kotse. Pagtanggal ko ng seatbelt napansin ko agad ang hindi niya pag-alis ng lock ng kotse. Tinignan ko siya na puno ng pagtataka.

**"Aries, yung lock."** Sabi ko pero nanatili siya sa kinauupuan niya.

**"Wag ka muna kaya pumasok."** Mahinang sabi niya.

Nagliwanag ang muka ko. **"Pwede rin. Pero ikaw ang makikipag-usap kay Kuya."**

Nawala ang ngiti ko ng mapansin ang pagiging seryoso niya. Nagsisimula na kong matakot sa inaasta niya. Kahit hindi ko isipin, pansin ko na may mali sa pag-uusap palang nila ni Miss Universe.

**"B-bakit?"**

Umiling siya at kinuha ang cellphone para mag-dial pero tinanggal na niya ang lock ng kotse. Sinenyasan niya kong bumaba bago idikit ang cellphone sa tenga.

Ginawa ko naman at nakangusong tinignan siya sa loob. Hindi talaga maganda ang kutob ko. Naglakad na ko paalis ng mapansin ko ang magandang kotseng nakaparada malapit sa pwesto namin.

*Ganda!*

Bago sa paningin ko at halatang saksakan ng yaman ang may-ari. Yung tipong kayang bilin ang school at barya lang sa kaniya ang magiging presyo. Lalapitan ko sana para tignan pero narinig ko ang pagtawag sakin ng kung sino.

Paglingon ko, tipid na nakangiti sakin si Yuri.

**"President!"** Bati ko at nawala ang ngiti niya. **"Aalis ka na ba sa club?"** Pang-aasar ko.

*Shunga Lovers Club*

**"Jay naman ih."** Naiinis na sabi niya at napahagalpak ako ng tawa.

Hindi ko siya tinigilan ng pang-aasar kahapon matapos makaharap ang babaeng pula ang buhok. Ayaw man niyang aminin pero mukang tinamaan siya.

May kurot sa dibdib ko ng maisip ang bagay na yon kahapon. Pakiramdam ko mawawalan na ko ng isang paa. Hindi ko gusto ang ideya na magkakagusto siya sa iba. Sakim pakinggan pero mahalaga din sakin si

Yuri. Hindi ko man siya kayang mahalin kagaya ng ginagawa niya sakin pero kaya ko pa rin siyang pahalagahan.

Pero kung ipagdadamot ko siya hindi siya magiging masaya. Karapatan niya yon matapos ang paghihirap sakin. Gusto ko din siyang makitang magmahal at mahalin.

**"Bakit? Sayang. Hindi mo kasi kinuha ang pangalan. Tapos sinabunutan mo pa."** Pang-aasar ko pa.

Napakamot siya sa ulo. **"Hindi ko naman sinasadya."**

**"Pero maganda siya, walang pores."** Sabi ko at pinasadahan ang muka ko ng dalawang kamay. **"Tapos sobrang haba ng buhok. Tapos haponesa din—."**

**"Jay."** May pagtatampo sa boses niya. **"Please stop."**

**"Hala! Bakit?"**

**"Hindi ako maghahanap ng iba para lang ipagpalit ka."** Bahagya siyang namula. **"I-ikaw lang gusto ko mahalin."**

Napatitig ako sa muka niya. Napakamot pa siya sa kilay niya habang nag-iiwas ng tingin.

**"Muka ka palang kamatis kapag namumula no?"** Sabi ko at mas lalo siyang namula.

Bahagya akong napatawa at tinuro ko ang muka niya. **"Nag-kaganyan ka lang matapos mong makita yung babae kahapon."**

Napabuntong hininga siya at napailing. Sabay kaming naglakad papunta sa classroom namin. Ang dami pa ring istudyanteng nagkalat. Meron silang pinag-uusapan na hindi ko maintindihan.

"*Ang gwapo talaga!*"

"*Mas pogi siya ngayon!*"

"*Sabi ni Dad, may rights na daw siya sa company nila!*"

"*Pa-anak lang, kahit isa.*"

Napapakamot ako sa ulo. Kung sino man ang pinag-uusapan nila, malamang ko bagong nilalang yon. Kung ano-ano pinag-sasa-sabi nila na hindi ko pa naririnig dati.

*Baka may artista.*

**"May shooting ba dito? Sinong artista ang pinag-uusapan nila?"** Tanong ko kay Yuri.

Sandali siyang tumigil at tumingin sakin na para bang may mali akong sinabi.

**"Haven't you heard?"** Tanong niya.

**"Ang alin?"** Balik na tanong ko. **"May shooting nga?"**

Bahagyang nalungkot ang mga mata niya bago magpilit ng ngiti. Umiling lang siya bago bumalik sa paglalakad na para bang wala akong tinanong. Agad ko siyang hinabol.

**"Oy! Tinatanong kita."** May halong inis ang boses ko. **"Ikaw! Nakakita ka lang ng ipapalit sakin nagkakaganyan—."**

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaan niyang pagyakap. Agad kaming pinagtinginan ng mga kabasay at kasalubong naming mga tsismosong istudyante.

**"Please stop mentioning her."** Pakiusap niya. **"Pakiramdam ko pinagtutulakan mo na ko."**

Ramdam ko ang bigat ng tinig niya na para bang malapit na siyang maiyak. Hindi ko maiwasang hindi mataranta sa aksyon niya. Dati pa naman kami nag-aasaran sa mga ganitong usapin pero ngayon lang siya naging sensitibo.

**"S-sige. Hindi na. Binibiro lang naman kita."** Sagot ko habang tinatapik-tapik ang likod niya.

Mas lalo pang humigpit ang yakap niya. Pakiramdam ko, ano mang oras iiyak na siya. Kaya kahit lantaran na kaming pinagtsi-tsismisan niyakap ko nalang din siya ng mahigpit.

*Tanggap ko ng favorite akong topic ng tsismis.*

**"Yuri..."** Tawag ko sa kaniya. **"Kung may problema, magsasabi ka ha? Kung ano man ang dinadala mo dyan, i-share it mo."**

Dinig ko ang mahina niyang pagtawa dahil sa sinabi ko. Kahit sa ganung paraan lang mabawasan ko ang dinadala niya. Kahit sa simpleng biro lang mapagaan ko ang loob niya.

**"S-salamat Jay. I'll never regret loving you."** Bulong niya bago tuluyang bumitaw.

Huminga siya ng malalim bago ihilamos ang kamay sa muka. Ngumiti siya bago ako ayaing tumuloy sa paglalakad.

Tumango ako at sinabayan na ulit siya sa paglalakad. Paminsan-minsan ko siyang mahinang sinusuntok sa braso at gaganti naman siya ng pagsaboy sa buhok ko. Bago kami makalapit sa pinto ng room, bigla nalang niyang sinabog ang buhok ko papunta sa harap ng muka ko. Naisipan ko namang dedmahin nalang at magpatuloy ng ganun ang ayos.

Tuloy-tuloy akong naupo sa pwesto ko ng hindi na binabati o tinitignan ang mga Ulupong. Kapansin-pansin nga lang ang pagiging tahimik nila.

Hindi kagaya ng palagi kong naaabutan. Hinayaan ko nalang dahil baka mga inaantok pa.

*Bakit parang may nakaupo sa pwesto ni Kei—kwanan?*

Inayos ko nalang ang buhok ko kasunod ang gamit ko. Baka isa lang sa mga Ulupong yon. Alam ko namang hindi sila umuupo don kahit wala siya at hindi naman niya malalaman. Siguro napag-tripan lang— *teka nga!* Bakit ba iniisip ko ang bangkuan o pwesto niya? Care ko naman don!

Kinuha ko ang notebook ko at sinilip kung may kulang pa sa notes ko. Dalawa sa subject namin ang kinatamaran kong sulatin ang lesson. Hinarap ko si David at akmang gigisingin siya pero—*gising na!*

Napakurap-kurap pa ko sa kaniya. Nakakagulat! Shocking talaga! Napahawak pa ko sa dibdib ko at binigyan siya ng nakakagulat na reaksiyon.

**"Gising ka? Anong nangyari?"** Tanong ko sa kaniya.

Tinignan niya ko at bahagyang ngumiti. **"Minamaliit mo ko."**

**"Nakakagulat. Papamisa na ba ko?"** Pang-aasar ko sa kaniya.

Bahagya siyang tumawa at umiling. **"No need. Baka mapaso ka."**

*Wow, nice return.*

Napangiwi naman ako sa kaniya. **"Peram notes."** Sabi ko sabay lahad ng kamay.

Bahagya siyang lumingon sa likod. **"Sa kanila ayaw mong manghiram ng notes."**

**"Naku! Wala akong aasahan diyan. Si Josh at Eman naman madamot."** Sagot ko at hindi pa rin inaalis ang pagkakalahad ng kamay ko.

Sila lang masipag magsulat. Kayalang madadamot naman. Si Kit din sana kayalang inuuna kalandian.

Lumingon ulit si David at ngumisi. Napailing siya bago kuhanin ang notes niya at iabot sakin. Alam kong arabic ang lettering niya pero wala na kong magagawa. Kesa naman walang makopyahan, okay na to.

Tahimik akong nagsusulat kahit pakiramdam ko may mali talaga. Nilingon ko si Ci sa kabila ko at kataka-takang tahimik siya. Ngumiti lang siya na halos ikalabas na ng gilagid niya tapos ay sinenyas ang daliri panturo sa likod na bahagi namin.

Napakunot ang noo ko pero mas pinili kong wag nalang siyang pansinin. Hindi ko mapigilang hindi mairita. May mali talaga! Maling-mali talaga! Hindi sila nag-iingay na kagaya ng ginagawa nila. Hindi sila nang-gugulo at nanghihingi ng pagkain at higit sa lahat pakiramdam ko may nakatitig sakin.

"*Ang tagal lumingon.*"

Dinig kong bulong ng kung sino.

"*Wag ka magulo. Baka marinig ka.*"

Sagot naman ng isa. Malakas ang kutob kong napag-ti-tripan na naman ako. Wala silang mapapala sakin at hindi ako lilingon. Mamatay sila kakahintay sa paglingon ko.

Tinuloy ko nalang pagsusulat ko hanggang sa dumating na si Sir Alvin. Kaniya-kaniya na ng ayos ng upo. Dahil halos patapos na ko, tinuloy ko pa rin ang ginagawa ko. Alam ko namang maiintindihan ni Sir dahil kailangan din namin maghabol sa mga lesson. Siya pa nga ang nagsasabi samin na okay lang gawin sa klase niya ang mga hindi namin nagawang lesson.

**"Kompleto."** Panimula ni Sir.

Lagi naman kaming kompleto. Wag lang bibilangin yung nasa London na malamang kasama ng nag-falling down ng bridge.

**"Attendance."** Sabi ni Sir at nagsimulang magtawag.

Ang hindi ko lang maintindihan sa attendance ni Sir, kung bakit ang pangalan ko kasama sa pangalan ng mga lalaki. Hindi ako nakahiwalay kagaya sa ibang section. Ginawa na din yata akong lalaki ni Sir.

*Ano sir? Ulupong ka din ba?*

**"Mariano?"** Tawag niya sakin.

**"Present."** Sagot ko ng hindi tumitingin sa kaniya.

Napansin ko ang sandaling pagtigil ni Sir. Nag-angat ako ng tingin at napansin ko ang nakasilay na ngiti sa labi niya. Agad din naman yong nawala at nagpatuloy na sa pagtawag. Ano naman kayang trip ni Sir? Mukang pati siya pinagt-tripan din ako.

**"Mercado."** Tawag ni Sir kay Drew.

**"Present."**

Di ba? Nakalinya talaga ang pangalan ko sa pangalan nila. Hindi na nakahilaway kagaya ng natural na lista ng pangalan ng babae at lalaki.

**"Peñaflor."**

**"Present."**

**"Peralta."**

**"P-present."**

Sandali kong nilingon si Ci pero mabilis siyang yumuko at pinaglaruan ang mga daliri. Halatang hindi siya mapakali.

**"Ramos."**

**"Present."** Naghikab pa siya kasabay ng pagsasabi ng **"antagal lumingon."**

Hindi ko naman siya pinansin at tuloy pa rin sa pagsusulat. Ano bang meron sa paglingon na yan? Malay ba nila kung stiff neck yung tao. Palingon ng palingon, sasagutin ba nila kung mabali leeg nung tao? Bakit ba kasi kailangang lumingon? Sino bang lilingunin?!

**"Rivera."**

**"Present."**

"*Sigawan na kaya natin para lumingon.*"

Dinig kong bulungan nila.

"*Tawagin mo, sabihin mo my dumi sa likod.*"

Sagot naman nung isa.

Hindi sa gusto kong makinig sa usapan nila. Sadyang hindi ko lang maiwasan dahil ang lintik na bulungan nila, lumalakas.

**"Venites."**

**"Present."**

Saktong natapos ang pagkopya ko sa notes ni David. Niligpit ko na yon at akmang ibabalik sa kaniya ng mapansin ko ang tila mahinang hagikgikan ng mga lintik na Ulupong. Para bang may hinihintay silang anunsiyo sa telibisyon. Nag-aabang ng numero sa lotto o kaya ang tatanghaling mananalo ng korona sa Beauty Pageant.

*Mga baliw.*

**"Welcome back."** Sabi ni Sir na nagpatigil sakin. **"Watson."**

Napakurap-kurap ako. Literal na bumagal ang mga salitang lumabas sa bibig ni Sir. Na sa sobrang bagal ay lumaki na rin ang boses niya. At kung pwede ko lang i-rewind, gagawin ko para lang marinig ng maayos ang sinabi niya.

*Watson daw.*

Watson? Emma Watson? Watson pharmacy ba? Watson building? Tao ba to? Hayop? Lugar? Epal? Gago? Ulol? Taratando ba to? Ulupong? Anong Watson? Kasi parang imposible. Hindi yata pwedeng mangyari. Malabo talaga. Malabo pa sa tubig baha.

Joke to! Tama! Pinagti-tripan din ako ni Sir. Isa itong malaking joke. Ngayon na naging malinaw sakin na isa din siyang malaking Ulupong. Kaya siguro siya naging teacher dito kasi magkakatulad sila. Amazing!

Siguro titignan nila kung lilingon ako. Aasarin nila ko kapag nagawa kong lumingon. Iisipin nilang na-mi-miss ko siya kagaya ng lagi nila sinasabi. Tapos didikdikin nila ko ng pang-iinis hanggang sa mapikon ako.

*Pwes! Walang lilingon! Hindi niyo ko mauuto!*

Pero lahat ng sinabi ko at teyorya ko sa paglingon at sa mga sinabi ni Sir ay tuluyang naglaho dahil sa isang tinig na sumagot lahat ng iniisip ko. Malalim at may kalakihan. May kaunting pagbabago pero malinaw sakin. Alam kong siya ang sumagot ng....

**"Present."**

Mahigpit ang hawak ko sa ballpen ko. Kahit ayaw ko, kusang gumalaw ang katawan at leeg ko. Lumingon ako kagaya ng gusto nila. Dinig ko pa ang pagpapalakpakan nila at kantiyawan. Pero lahat ng yon ay binaliwala ko makumpirma lang kung tama ba ang dinig ko.

Nakasandal sa upuan habang nasa tapat ng dibdib ang magkabilang braso. Diretsong nakatingin sakin na para bang kanina niya pa ko inaabangan. Bahagya niyang tinabingi ang ulo at sumilay ang tipid na ngiti sa labi.

Parang sasabog ang puso sa halo-halong emosyon. Gusto kong sampalin ng malakas ang sarili ko para lang malaman kung panaginip ba to talagang nasa harapan ko na ba siya.

*Nasa harapan ko na ang Hari ng mga Ulupong.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 320

**A/N:** wala lang. Nasanay na kong my Author's Note kahit wala naman akong sasabihing matino. Hehe

**Ink**

***Jay-jay's POV***

*Tupangina! May ina ang tupa talaga!*

Pero tangina mo Watson. Yun talaga yon!

**"Shit."** Bulong ko habang pilit pinupunasan ang tintang nagkalat sa lamesa ko.

**"Tissue pa?"** Alok ni David sa hawak niyang tissue na nakuha niya kung saan.

Kumuha naman ako at pilit pinunasan ang natitira pang mantsa. Hindi pwedeng matuyo at paniguradong hindi na to matatanggal.

Nabali ko ang ballpen ko ng hindi ko namamalayan. Agad na nagkalat ang tinta sa kamay at lamesa ko. Mabuti nalang at nailayo ni Ci ang iba pang gamit ko bago malagyan.

**"Ayos ka lang?"** Tanong ni Sir sakin.

Pinagmasdan ko ang mga kamay kong puro tinta ng ballpen. Paniguradong mahihirapan na kong tanggalin to.

Tumayo ako at tinignan si Sir. **"C-cr lang po ako."**

Hindi ko na hinintay ang sagot niya. Kanda taob ang bangko at lamesa ko sa pagmamadaling maka-alis ng classroom. Dahil simula na ng klase kaya wala na kong nakasalubong na kapwa ko istudyante. Dire-diretso ako sa CR at agad na binuksan ang gripo para hugasan ang mga kamay ko.

Madiin at puno ng pang-gigi-gil ang pag-isis ko sa kamay ko. Nakailang sabon at banlaw ako pero ayaw ng mawala ng marka hanggang sa naramdaman ko nalang ang paghapdi ng balat ko.

*Putangina! Nakakainis talaga!*

Naisandal ko ang dalawang palad ko sa lababo at napayuko. Gusto kong sumigaw at umiyak para lang matanggal ang paninikip ng dibdib ko.

Isang buwang mahigit. Ganun katagal siyang nawala para sa mana niya. Ganun katagal akong naghintay. Ganun katagal akong umasa. Ganun katagal niya kaming tiniis. Ganun katagal akong kinain ng pag-iisip ko na hindi na siya babalik.

Pakiramdam ko masisiraan ako ng bait dahil sa galit na hindi ko mailabas. Alam nilang lahat na uuwi siya. Alam ni Aries at nakita siya ni Ella. Ako ang tinutukoy nila sa usapan nila sa cellphone.

Pinatay ko ang gripo at tinignan ang sarili ko sa salamin. Eto pa isang tangina! Pumasok akong magulo ang buhok! At kitang-kita niya ko. Nagpapandyak ako sa inis.

**"Si Yuri naman kasi!"** Inis na sabi ko.

Hindi man lang ako nagmukang tao pagpasok ko. Kung alam ko lang todo puldos na sana ako bago pumasok. Naglagay din sana ako ng lipstick at nagsuklay ng buhok.

**"Ang pangit-pangit ko."** Inis na sabi ko at kulang nalang sumalampak ako sa sahig.

*Tangina talaga!*

Yung buhok ko halatang hindi sinuklay at sabog na sabog. May kaunting gusot pa ang uniform ko. Pinakamalala nito, bitak-bitak ang labi ko at may sumisilip na pimple sa noo.

**"Mukang kang paa."** Sabi ko sa repleksyon ko.

Ayoko ng bumalik don. Hindi na ko babalik don. Sasabihin ko kay Kuya drop na ko. Babalik na lang ako next year.

*Pero syempre hindi papayag yon.*

NAKAKAINIS! Malamang na pinagtatawanan nila ko ngayon. At talagang dinamay pa nila si Sir Alvin. Planado to! Planado! PLANADO!

Nasabuntan ko nalang ang sarili ko habang inaalala ang itsura niya kanina. Hindi ko siya natitigan ng maayos dahil parang hindi totoo ang lahat.

O baka naman hindi talaga totoo? Baka hallucinations lang to. Baka napa-praning lang ako. Pinagt-tripan lang ako ng mga yon at dahil nga iniisip ko din siya kaya nakita at narinig ko siya.

*Tama! Tama!*

Wala talaga siya don sa pwesto niya. Hindi talaga siya ang nakaupo don. Hindi siya yon. HINDI SIYA YON! TANGINA NIYO MGA ULUPONG!

*Akala niyo! Hindi ako papahuli ng buhay.*

Inayos ko na ang itsura ko at lumabas na ng banyo. Naglakad na ko pabalik at pumasok sa room na parang walang nangyari.

Dumiretso ako sa pwesto ko at napansin agad na wala na ang mga tissue. Wala na ring nagkalat na tinta pero may mga naiwan namang marka. Tahimik akong umupo kahit alam kong nasa akin ang atensiyon ng lahat.

**"Okay ka na?"** Tanong sakin ni Sir pagkaupo ko.

**"O-okay na po."** Sagot ko naman.

Tumango-tango si Sir habang binubuklat ang lesson plan niya. Inabot sakin ni Ci ang mga gamit ko bago pilit ngumiti sakin. Tinaasan ko lang siya ng isang kilay dahil halatang wala siya sa sarili.

Kinuha ko ang bag ko at naghalungkat ng panibagong ballpen. Isa nalang ang natitira kaya dapat ingatan ko na. Hindi ko na to pwedeng baliin.

*Isasaksak ko nalang.*

Binalik ko na ang notes ni David at nagpasalamat. Akmang magsisimula na si Sir ng meron siyang maalala at parang akong takure na isinalang sa kalan.

**"Marami kang na-miss na lesson, Watson. Kailangan mo ba ng recap o bibigyan nalang kita copy ng lesson at magpatulong ka nalang sa mga classmates mo?"**

Akala mo Sir nakakatuwa ka? Bakit Sir, kumidyate ka ba? Kalbo ka ba Sir? Tingin mo nakakatawa tong trip mo Sir? Ano Sir? Sumagot ka Sir? Hindi ako natutuwa sayo Sir! SAGOT?!

Malapit na kong sumabog dahil sa galit, inis, yamot at gutom. Hindi totoo yang Watson na yan! Tama na, tigilan niyo yang panti-trip niyo sakin—.

**"Just give me a copy and I'll ask someone to help me."**

*Ay putang'na sumagot.*

Friend! Sumagot yung Watson. Sumagot siya. Malala na hallucinations mo friend. Sumasagot na ang hallucinations, hindi na magandang senyales yan. Mental na this!

**"Okay, marami ka namang classmate na pwedeng tumulong sayo."** Sabi ni Sir.

**"Yeah, but one is enough to help me."**

*Sumagot na naman.*

Hindi na to hallucinations lang. Ano ba?!

Kailangan kong makumpirma ang mga nangyayari. Tumilas ako ng piraso ng papel sa notes ko. Sinulatan ko yon bago itupi.

'*Hindi pa naman ako nababaliw di ba?*'

Pasimple kong inabot yon kay David. Mukang wala sa mood si Ci kaya siya nalang ang tatanungin ko.

Kahit nagtataka tinanggap pa rin niya ang sulat at binuklat para basahin. Bahagya siyang natawa bago sagutan.

'*It depends with your definition of crazy*. *Coz mine is yes you are definitely crazy.*'

Basa ko sa sagot niya pagbalik sakin ng papel. Feel ko siyang saksakin ng ballpen. Ang tino-tino ng tanong ko tapos aasarin lang ako.

'*Nag-ha-hallucinate ako. Naririnig ko siya dito sa room*.'

Sulat ko ulit sa papel bago itupi at ibalik sa kaniya. Binabasa palang niya ang nakalagay sa papel, nagsimula ng magparinig ang mga Ulupong mula sa likod.

**"Kababalik lang mukang may masasapak na."** Sabi ni Felix at mahinang ginatungan ng mga luko.

Nawalan na tuloy ng gana si David na sagutin ang sulat ko. Lumingon siya sakin at ngumiti. Akala ko hanggang duon nalang pero syempre siya Dabid na laging pikit at may sosyaling instinct. Hindi siya pumayag na magpasindak sa parinig ng mga kapwa niya Ulupong.

Lumapit siya sakin at sinenyasan ako lumapit din. Ginawa ko naman at pinakinggan ang sasabihin niya.

**"No. This is not hallucinations. Andito siya at kung gusto mo talagang makumpirma."** Inipit niya ang magkabilang pisngi ko gamit ang isang kamay. **"Lumingon ka."** Sabay pihit sa ulo ko palingon sa pwesto ng mga luko.

Parang may dinamita ang puso ko ng magkasalubong kami ng tingin. Nakataas ang isang kilay at bahagyang nakatabingi ang ulo na para bang kinu-kwestiyon ang inaasta ko. Sumulip din sandali ang simpleng ngiti galing sa labi niya.

*Kingina! Andito talaga!*

Agad kong pinaghahampas ang kamay ni David para makabitaw. Bumalik ako ng maayos sa pwesto ko at tumingin sa harap. Nagkasalubong pa ang tingin namin ni Sir na pasimple akong tinatawanan. Binuklat ko nalang ang notebook ko at hinintay ang isusulat sa board.

Lutang ang isip ko. Totoo talaga! Hindi hallucinations to. Andito talaga ang hayop. O baka baliw na din si Dabid kagaya ko? Pero malabo dahil matino namang kausap yan, kahit madalas pa tulog kesa sa gising.

Andito nga ang gago. Andito siya oh. ANDITO NA ANG WALANGHIYA! Umuwi pa ang kingina! Samantalang pwede na siyang mag-aral don. Baka nga makabili na siya ng sarili niyang school. Eroplano nga nakabili, building pa kaya. Bumili na din siya ng teacher. Bumili na din siya kaklase. Bumili na siya kaibigan. At bumili na din siya babae, tangina niya.

*Teka nga!*

Paki ko naman kung umuwi na siya. Ano ngayon kung umuwi siya? May magbabago ba? Mababawasan ba kasalanan sakin ng hayop na to? Nadagdagan nga lang.

Unang-una, yung panloloko sakin ng animal na to. *I used you—I used you* niya. Ulol! Tapos iniwanan kami sa ere. Para kaming mga tuta na pinagtabuyan. Ang dami naming naka-away dahil nawala na siya at wala ng banta sa kanila. Tapos, tapos, TAPOS GINAWA PA NIYA KONG TEXTMATE KINGINA! Bagay na bagay ang pangalan sa kaniya, GagongBaliw.

Gusto kong iuntog ang ulo ko. Kapag naalala ko mga usapan namin sa text parang gusto ko nalang malibing ng buhay ng hindi na ko makapag-pakita sa kaniya ng tuluyan.

*Bwisit! BWISIT! BWISIT!*

**"Mariano."** Tawag sakin ni Sir.

Agad ko siyang tinignan at bahagya naman siyang nagulat sa reaksyon ko. Alam kong muka na kong papatay ng tao pero wala akong paki dahil baka mamaya lang ganon na nga ang gawin ko.

**"Bakit po Sir? Ano na naman po yon?"** Mahinahon kong tanong pero bakas pa rin ang pagbabanta.

*Kanina ka pa Sir Alvin.*

**"May problema ka ba?"** Tanong niya sakin sabay tingin sa kamay ko.

Tinignan ko din ang tinitignan niya at napabitaw ako ng makita kong nakabaon na ang ballpen sa lamesa ko pero hindi kinaya kaya basag-basag. Buti nalang at hindi nagkalat ang tinta.

Huminahon naman ako agad. Kailangan ko kumalma. Walang dahilan para magalit.

**"W-wala po. Feel ko lang manaksak."**

Tumango-tango siya at bumalik sa ginagawa. Dahil wala na ko ballpen, syempre wala na ko panulat. Sinubukan kong manghiram kay David pero nakadukdok na ang luko. Nakakahiya naman gisingin dahil parang kanina niya pa pinipigil ang antok.

Tumingin ako sa kabila at napansin ang pag-nguya ng Batang Kumag. Nakanguso pa siyang humarap sakin.

**"Mag-uusap tayo mamaya."** Bulong ko. **"Peram ballpen."**

**"Promise. Hindi ko gusto itago sayo."** Pabulong din niyang sagot matapos lunukin ang kinakain.

Kinuha niya ang bag at naghalungkat sa loob. Nakakuha siya ng ballpen pero ng isulat niya yon sa palad niya, walang lumabas na tinta.

**"Wala na eh. Ginagamit ko naman tong isa."** Bulong niya.

Isa nalang ang pwede kong hiraman na alam kong boy scout sa ganitong bagay. Kayalang nagkatotoo ang sinabi ko kanina. Nagka-stiff neck nga yata ako. Hindi ako makalingon nang maayos.

Hindi ko alam kung paano ako hihiram ng ballpen sa kaniya. Wala na kong ibang aasahan dahil hindi naman nagsusulat ang mga gunggong na to. Except kay Eren at Josh na masipag-sipag pero madamot-damot.

Naisip kong itext siya kaso baka hindi naman niya makita. Pwede rin namang wag na ko mag-ballpen kayalang wala akong panaksak. Tsaka anong gagawin ko? Kung wala akong pagkaka-abalahan baka mabaliw ako ng tuluyan kakaisip ng nagaganap sa likod ko.

*Matutukso akong lumingon.*

Kaylangan ko talaga ng ballpen. Pwede ko namang umitin nalang ang kay David kayalang hindi ko alam kung saan niya nilagay. Kung kay Sir naman, baka hindi ako pahiramin kasi nga mamahalin mga ballpen niya tapos sisirain ko lang. Baka hindi rin ako payagan lumabas para bumili ng bago.

Wala na talaga akong pagpipilian. Napabuntong hininga ako at pasimpleng hinawakan ang gilid ng leeg ko at unti-unting lumingon kay Yuri. Sapat lang para makita ko siya at hindi na mahagip ng paningin ko ang katabi niya.

Nakayuko nga lang siya at naglilipat ng pahina ng notebook. Gusto ko ng tawagin ang panagalan niya pero ayoko ng eksena. Sandali ko pa siyang pinagmasdan. Meron siyang sinabi na hindi ko nadinig at tumingin sa katabi niyang si Kei—*kwanan.*

Matagal-tagal pa silang nag-usap bago tumingin si Yuri sa harap. Bahagya kong kinaway ang isang kamay ko para mapansin niya ko. Mabuti nalang at agad niya kong nakita.

**"Peram ballpen."** Sabi ko ng walang lumalabas na boses.

Nangunot ang noo niya at bahagyang lumapit. Inulit ko ulit ang sinabi ko pero mas lalo siyang naguluhan. Malapit-lapit na kong mapikon at napapa-aray nalang ako dahil sa leeg ko. Sinenyas ko nalang ang kamay ko na parang nagsusulat at nilahad ang palad.

Tinignan niya ang hawak na ballpen at tinaas habang may pagtatanong sa itsura niya. Mabilis akong tumango at napangiwi dahil sa kirot na naramdaman.

Kinuha niya ang bag at kinuha ang ballpen. Natitigan ko pa yon ng mapansin kong mamahalin.

*Hindi pwedeng ipanaksak.*

Tatayo na sana siya para iabot pero mabilis ang kamay nitong—*hayop ang tangina!*—katabi niya. Halos masabunutan ko ang sarili ko dahil sa inis. Ayoko sana siya harapin pero kailangan ko talaga ang ballpen na yon.

*Panaksak sa kaniya! Hayop!*

Inusog ko ang katawaan ko para maharap siya at mabawasan na din ang sakit sa leeg ko. Hawak niya ang ballpen na kuwaring pinag-mamasdan. Meron siyang sinabi kay Yuri na hindi ko na narinig.

Humarap siya sakin na nagpatalon sa puso ko. Kung pwede ko lang suntukin to nagawa ko na para lang kumalma. Taas noo akong humarap sa kaniya kahit kanina ko pa talaga gustong tumakbo palabas at sumigaw ng mura. Lakas loob akong nakipag-sukatan ng titig.

*Hindi kita uurungan.*

Mukang may gana siyang magsuklay ng buhok ngayon.

*eh ano ngayon?!*

Parang mas kuminis ang muka niya

*Makinis din naman ako!*

Parang mas pumuti din siya ngayon

*care ko naman sa kulay niya!*

Mas pumula din ang labi.

*M*ay *lipstick yan!*

Parang ang daming nagbago sa kaniya.

*Sakin din naman!*

Isang buwang mahigit lang pero pakiramdam ko taon na ang nakalipas.

*Hindi ko naman naramdaman na nawala siya.*

**"Tunaw."** Komento ni Ci kaya mabilis ko siyang nalingon. Sandali akong napahawak sa leeg ko.

*Powta, bali ang leeg.*

Halatang pinipigilan niya ang pagtawa. Nanlalaki pa ang butas ng ilong niya at pilit tumitingin sa harap.

Inirapan ko nalang siya at hinarap si Yuri. Sinenyas ko sa kaniya ang kamay ko para hanapin ang ballpen. Mabilis niyang tinuro ang katabi na nakapangalumbaba na ngayon at nakatingin sakin.

Nakasilay ang mayabang na ngiti habang pinaglalaruan sa isang kamay ang ballpen. Parang alam ko na ang mangyayari. Wala akong planong pahirapan ang sarili ko ng dahil lang sa lintik na panaksak na yan.

*Kung ayaw ibigay, edi wag.*

Umayos nalang ako ng upo at tumingin kay Sir. Kung walang panulat edi wag mag-sulat. Hihiram nalang ulit ako ng notes. Malapit-lapit ko naman ng matutunan ang alphabet ni David.

Nagugulat nga ako kung paano siya nagkaka-notes. Sandaling oras lang naman siya gising sa klase tapos matutulog na ulit. Kaya siguro ganun ang sulat niya kasi nagmamadali.

Habang nagtuturo si Sir, hindi ko mapigilang hindi marinig ang nag-uusap sa likod. Napapakunot nalang ang noo ko sa mga sinasabi nila.

**"Wala ba kaming pasalubong diyan?"** Tanong ni Drew.

**"Masaya na ko sa chocolate."** Sabi ni Eren.

**"Kahit para sa baby ko lang."** Sabi ni Denzel.

**"Wala bang isang pares ng sapatos diyan?"** Si Rory.

**"Gusto ko yung bus na may second floor."** Si Blaster.

Ang kapal ng muka mag-demand ng mga to. Ibang klase din manghingi. Dapat nga magalit sila kay Kei—*kwanan* dahil sa ginawa niyang pang-iiwan samin sa ere. Yun siguro purpose ng eroplanong bigay niya kay Ci-N, ipapasundo kami.

Nasan na yung galit na galit at sinasabing hindi na daw babalik ang Hari nila? Ngayong nasa harapan na nila, hindi naman nila masumbatan.

*Woooh! Plaaaasssttttiiikkkkk!*

Natapos ang klase namin kay Sir Alvin. Alam kong maya-maya pa darating ang sunod na teacher kaya may oras pa kong bumili ng panak—este, ng ballpen.

Inayos ko ang gamit ko at akmang tatayo na pero isang kamay na may hawak na ballpen ang humarang sa muka ko. Napaatras ako at agad na tinignan kung sino may-ari.

Walang reaksyong nakatingin sakin ang pinaka, pinaka, pinaka, pinaka tangina sa lahat ng mga Ulupong. Nawindang ang dibdib ko dahil parang may tumatambling sa loob. Pati pag-iisip ko parang nawawala sa ayos. Ramdam ko ang pamumuo ng pawis sa noo ko.

*Bakit biglang uminit?*

Napansin ko agad ang pagtahimik ng paligid kaya tinignan ko sila. Agad na tumalikod samin ang mga luko at parang nagkaroon ng epidemya dahil sa mahina nilang pag-ubo.

Hinarap ko ulit ang Hari nila na halatang hinihintay akong abutin ang hawak niya.

**"H-hindi na. Bibili nalang ako."** Sabi ko at tumayo.

**"Ako na bibili."** Sabi niya at binaba ang hawak sa lamesa ko. **"Anong brand?"**

Hindi mawala sa isip ko ang bahagyang pagbabago ng boses niya. Parang bahagyang lumalim na para bang binatang-binata na siya.

**"Wag na."** Maikling sagot ko at akmang aalis na sa upuan ko ng hawakan niya ang kamay ko.

*Jusko po! Mahabaging langit!*

Parang may kuryenteng dumaloy sakin galing sa kamay niya. Agad kong pinagpag yon na para bang meron siyang nakakahawang sakit. Nanlalaki pa ang mga mata kong hindi makapaniwalang nahawakan niya ko.

*Geeerrrrmmmmssss!!!*

Sumilay ang nakakalukong ngiti sa labi niya. **"What?"**

**"W-wag...ano...w-walang...hawak."** Bahagya akong umubo para alisin ang kaba ko.

Kanda bulol na ko sa pagsasalita. Bakit ba ko naaapektuhan ng ganito? Eh si Kei—*kwanan* lang naman yan. Paki ko sa kaniya at sa pagbabalik niya!

Dinig ko ang mahinang tawanan ng mga Ulupong kahit mga nakatalikod sila samin.

*Hindi kayo nakakatulong.*

**"Just tell me the brand name."** Sabi niya kinuha ang cellphone.

Napakurap-kurap pa ko sa bago niyang cellphone. Halatang mamahalin at bagong labas na model. Iniisip ko tuloy kung muka ba o cellphone niya ang unang mababasag kapag hinampas ko yon sa kaniya.

**"P-para saan ba?"** May halong inis na tanong ko.

**"Ibibili kita. Tama na ba isang buong factory?"** Mayabang na tanong niya.

*Ay putang'na!*

Gusto ko siyang sakmalin ora mismo. Wala pa ring pibagbago ang pagiging Ulupong niya. Muka ngang lumala pa dahil nakuha na niya ang mana niya.

**"Sige. Basta lahat isa-saksak ko sayo."** Inis na sabi ko at inalikuran siya.

Tinuloy ko ang balak kong bumili ng ballpen. Isang box na, para kapag napikon ako lahat isaksak ko talaga sa kaniya.

Pagbalik ko sa room, pansin ko agad ang pagiging tahimik nila. Akala ko dahil may teacher na pero mukang mamaya pa ang dating niya. Nawala ang Hari nila at mukang tinotoo ang balak na bumili ng factory.

Inayos ko nalang ang gamit ko pag-upo ko. Binalik ko din ang ballpen ni Yuri sa kaniya. Pansin ko ang maluko niyang ngiti kaya agad ko siyang inirapan.

Pagbalik ko sa upuan ang siya namang pasok ng gagong Kei—*kwanan*. May hawak siyang malaking supot na pula na akala mo si Santa Claus na ready ng mamigay ng regalo. Hindi ko nalang siya pinansin hanggang sa huminto siya sa tapat ko.

**"After class, we'll talk."** Sabi niya at napa-irap agad ako.

**"Sinong may sabing payag ako?"** Mataray na tanong ko.

Mayabang siyang ngumiti. **"I know you'll say that."**

Bigla nalang niyang binuhos ang laman ng dala niyang supot sa lamesa ko. Humalimuyak ang mabagong amoy ng mamahaling chocolate. Sa sobrang dami nagkalaglag na ang iba sa sahig na mabilis pinulot ng mga patay gutom.

**"Put it back."** Utos niya at mabilis namang ginawa ng mga Ulupong.

Literal na naglaway ako sa dami ng chocolate sa harapan ko. Pamilyar ang iba pero mas marami ang sa internet ko lang nakikita. May malaki, may maliit, may nasa magandang lalagyan, merong nasa karton lang at syempre hindi mawawala ang mga may iba't-ibang flavor sa loob.

*Serep nemen!!*

**"Listen up! No one is allowed to take their part until Jay-jay get her's!"** Sigaw niya at mabilis na nagprotesta ang mga kapwa niya Ulupong.

"*Jay-jay!!*"

"*Kumuha ka na!*"

"*Parang awa mo na! Mamaya ka na magtampo!*"

Sunod-sunod na sabi nila. Kulang nalang sigawan nila ko sa mismong muka ko. Lahat sila tinutulak akong kumuha at kalimutan muna ang galit ko.

*Galit ba ko? Wala akong maalalang galit ako.*

Lumapit si Kei—*kwanan* at yumuko palapit sa muka ko. Kusa naman akong lumayo sa kaniya para makaiwas sa ano mang sakuna.

**"Let see how long will you hold that ego of yours."** Sabi niya at kumindat.

*Patay na!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 321

**A/N:** Bakit niyo hinihingi si Yuri? Hindi ba sila magkakatuluyan ni Jay? Hindi niyo nga alam kung si Keifer ba talaga at si Jay. Kasi kami talaga sa huli. Char.

Ako talaga yung red haired girl. Charot!

Enjoy guys. Sorry sa typo.

**Chocolate**

***Jay-jay's POV***

HINDI AKO PATAY GUTOM!!

Bakit ako matatakam? Chocolate lang naman yan. Makakabili ako niyan, hindi man ngayon pero sa nga susunod na pagkakataon.

**"Alisin niyo nga yan sa harapan ko."** Iritang utos ko.

**"Don't you dare touch anything!"** Sagot naman nitong isang tukmol.

Ako talaga napipikon na. Malapit-lapit na kong makasapak. Yun talaga mangarap ko, masapak ng maraming beses si Kei—*kwanan.* Yung mamaga muka niya hindi na siya makikilala ng mga kapatid niya.

Hinawakan ko ang isang box ng chocolate at kitang-kita ko ang pagliwanag ng muka ng mga patay gutom na Ulupong. Sinundan pa nila ang pag-galaw ng kamay ko.

Balak ko sanang ilipat ng lamesa pero napatigil ako ng pumasok ang teacher sa room. Agad na umayos ng upo ang mga luko, samantalang ako eto na mo-mroblema pa rin sa tambak ng chocolate.

**"Start na tayo."** Sabi ng teacher at hindi man lang pinansin ang sitwasyon ko.

*Eh?*

Wala talagang paki samin ang ibang teacher. Minsan tuloy pakiramdam ko pumapasok lang sila dahil yun ang kailangan. Ni-hindi nga sila nagtuturo mg maayos. Si Sir Alvin lang talaga ang nagmamahal samin.

Napilitan akong bitawan ang hawak at kuhanin ang notebook ko. Langhap na langhap ko pa rin ang amoy ng chocolate kaya mas lalo akong nahihirapan. Daig ko pa inalok ng milyong pera.

Hindi ako patay gutom!

*Meserep lehet!*

Napalunok ako ng mahagip ng paningin ko ang isang box na itim na may golden ribbon. Nakita ko to dati sa TV at ang sabi don, limited edition to at madalas sa mga royalty lang makikita. Iba ang lasa sa ibang chocolate dahil matagal ang proseso ng pag-gawa at walang preservatives added.

Hindi ako patay gutom!

*Ang bango!*

Napaubo ako ng sinubukan kong huminga ng malalim at malanghap ang amoy. Humahalimuyak talaga ang amoy ng chocolate. Nang-uudyok talagang kainin ko sila.

Hindi ako patay gutom!

*Ang dami!*

Taas noo akong nakatingin sa board pero ang mga mata ko kusang bumababa sa lamesa ko. Hindi nakaiwas sa paningin ko ang maliit na chocolate na may balot na ginto at nahiwalay sa lalagyan.

*Hindi naman siguro niya mapapansin.*

Isa lang. Masaya na ko sa maliit na to. Eto lang matikman ko ng hindi nila nalalaman, solve na solve na ko. Masayang-masaya na ko! Lalo na kapag hindi nalaman ng talipandas na Hari ng mga Ulupong na hindi ako nakatiis.

Pasimple kong tinulak ang notebook ko palapit. Kuwaring nakahawak ang dalawang kamay ko sa ibabaw non. Nakataas pa rin ang muka kong nakatingin sa board pero nasa baba pa rin ang mga mata.

*Kaunti nalang.*

Halos hindi na ko huminga magawa lang ng maayos ang balak ko. At nang mahawakan na ng isang kamay ko ang target, muntik na kong ngumiti ng malapad. Mabuti nalang at napigilan ko. Dapat walang makapansin.

Magagawa ko na sana ang plano, pero napatigil ako ng marinig ang mahinang pagtawag sakin ni Ci-N. Nang silipin ko siya muntik na kong mapaiktad dahil sa itsura niya.

Nadukduk siya sa lamesa pero nakaharap sa gawi ko. Dilat na dilat ang mga mata na parang hindi kumukurap. Naka-nga-nga din siya kaya tuloy-tuloy ang labas ng laway sa bibig niya.

Napilitan tuloy akong bitawan ang chocolate na nakuha ko. Gusto ko ng umiyak. Pinahihirapan ako nitong mga chocolate na to. Hindi pa ko makapag-sulat ng maayos dahil walang mapwestuhan ang notebook at braso ko.

Alam ko namang nagsusulat si David. Kokopya nalang siguro ulit ako sa kaniya. Pasimple ko siyang nilingon dahil masakit pa rin ang leeg ko. Gising naman siya at aktibo dahil sa pag-galaw ng binti niya na para bang inip na inip. Hindi ko masabi kung nagsusulat siya dahil ang isang kamao niya nakadikit sa nguso at ilong niya.

Bahagyang nagsalubong ang kilay ko ng mapansin ko ang pa-ulit-ulit na pagsulyap niya sa lamesa ko.

*Ay alam na.*

Hayop na Kei—*kwanan* to! Hindi lang ako ang nahihirapan sa ginagawa niya. Pati mga kapwa niya Ulupong nahihirapan na din. Bahagya akong yumuko kasabay ng paghilot sa leeg ko. Lalo yatang lumala ang stiff neck ko.

*Kingina naman kasi!*

Naiiyak na ko talaga. Kanina pa ko napipikon sa hindi ko maintindihan na dahilan. Kung sa pinto palang nakita ko na siya baka hindi na ko pumasok. Sana talaga tinignan ko muna. Hindi sana ako naiimbyerna ng ganito.

On the other side, maganda na rin ang nangyari dahil kapag nalaman ni Kuya na hindi ako pumasok. Meron akong tumataginting na palatok na may kasamang pingot with consolation price of sermon.

*Kuya Angelo, unawain mo naman ako.*

Sa totoo lang hindi ganito ang inaasahan kong pagkikita namin ulit. Expected ko na talaga na sasabihin nila sakin pero mukang pinagka-isahan na naman ako. Ako na naman ang hindi nakaka-alam. Kung sana pina-alam nila ang pagdating niya, napag-handaan ko sana.

*Long gown with make up at tamang salon ng buhok.*

Rampa! Ganda-ganda ko sana pagsalubong ko sa kaniya. May pa-cat walk pa sana ako. Tapos hahawiin ko ang buhok ko sa harap niya. With tantalizing eyes at kagat labi. Sabay bikwas ng kamao ko sa muka niya. Susundan ng paniniko at pananadyak sa dibdib niya. Kapag tumba na, i-under taker na yan. Kung buhay pa rin hambalusin nalang ng bangko o kaya lamesa. Kung humihinga pa, saksakin nalang ng ballpen.

*Hay, napag-handaan ko sana.*

Nalanghap ko na naman ang amoy ng chocolate. Daig ko pa adik nito sa kakalanghap ng amoy. Wala naman sigurong totokhang sakin sa pagsinghot ng chocolate? Muka lang akong adik pero hindi ako ganon.

Naka-ilang buntong hininga na ko. Ilang beses ko ng pinag-nilay-nilayan ang ginawa kong kasalanan. Hindi ko talaga maintindihan kung bakit ako pinahihirapan ng ganito. Naging mabuting tao naman ako—*kung hindi kasama ang mga kalokohan ko!*

Kaya walang ibang dapat sisihin sa paghihirap ko na to kundi ang Demunyung Hari ng mga Ulupong. At sisihin ko din ang mga kapwa niya talipandas dahil hindi nila sinabi sakin ang totoo. Pare-pareho tayong magdusa!

Natapos ang klase namin. Pagkalabas na pagkalabas ng teacher parang tinubuan ako ng maraming konsensya sa likod ko.

**"Jay, hindi deserve ni Keifer ang galit mo."** Bulong ni Rory.

*Anong connect?*

**"Mahal ka niya, promise."** Bulong ni Edrix.

*Peke yang pagmamahal na yan.*

**"Kumuha ka na. Wag mo na siya tiisin."** Bulong naman ni Calix. **"Bibigyan ko din si Mica."**

*Pwede namang bumili nalang.*

**"Meron akong asawa't anak na umaasa sakin."** Bulong ni Denzel na akala mo natanggalan ng trabaho.

*Chocolate lang to, hindi kabuhayan.*

**"Jay..."** Bulong ni Josh na muntik ng magpatalon sakin sa upuan.

Para akong binulungan ng patay sa lamig ng boses niya. Nilingon ko naman sila at dahil sa sakit ng leeg ko kailangang sumabay ng katawan ko.

Nagsalubong ang kilay ko ng makitang halos lahat sila naka-pwesto sa likod ko. Kung todo ngiti naman ang mga luko at ang iba paawa effect pa. Handa na sana ako murahin sila pero naagaw ng Hari nila ang atensyon ko.

Tuloy-tuloy siyang naglakad palapit sa lamesa ko at kumuha ng maliit na piraso ng chocolate na may balot na ginto. Walang pakundangan niyang binalatan yon at kinain na para bang hindi kami naghihirap sa ginagawa niya.

*Demunyu ka!*

Nginuya-nguya niya pa yon na para bang hindi kami nanonood. Kusa nalang ako napalunok dahil sa paglalaway. Kumuha pa siya ng isa at kumain ulit.

Sa hindi ko maintindihan na dahilan napatitig ako sa panga niya. Ang ganda pala ng jawline niya. Dati pa ba yang ganyan? Sunod kong napansin ang leeg niya—*sush!* Paki ko sa panga at leeg niya! Meron din ako niyan!

*Kumalma ka guuurl! Lahat ng lalaki sa paligid mo, meron niyan.*

Kukuha pa sana ulit siya ng mapansin ang pagtitig na ginagawa ko. Agad akong umiwas at pasimpleng minasahe ang leeg ko.

**"You want?"** Pag-aalok niya habang nilalapit ang chocolate sakin.

Mahina akong umiling. **"H-hindi. Masama ka sa kalukusugan."** Halos pabulong kong sabi.

**"What?"**

**"Masama ka—yan!"** Inis na sabi ko habang nakaturo sa mga chocolate.

Sumilay na naman ang mayabang niyang ngiti. Sunod-sunod ang pag-irap ko. May baon yatang kayabangan ang luko na to galing London. Hindi pa nasamang nag-fallen ng bridge ang Ulupong na to.

Maka-ngiti akala mo naman siya lang may mapulang malambot na labi. *Halikan* kita—*mo yung sahig! Halikan mo yung sahig! Kingina mo!*

Kumuha ulit siya at tinanggal na naman ang balot. Buong akala ko kakainin niya pero nilapit niya sakin ang kamay na may hawak ng chocolate. Bahagya umatras ang ulo ko pero salamat sa stiff neck ko napahinto agad ako.

**"Say ah."** Sabi niya at nilapit ang chocolate sa bibig ko.

*Jusko po! Sinusubuan ako.*

Kinagat ko ang parehong labi ko para lang mapigilan ang pagbuka ng bibig ko. Matatalo ako sa pambu-bwisit ng hayop na Kei—*kwanan* na to. Inikot-ikot niya pa yon sa harap ng muka ko. Amoy na amoy ko tuloy at mabilis na naglaway ng bibig ko.

"*Ayan na ang train, open your mouth na!*"

"*Sinusubuan ka na!*"

"*Kakain na yan! Kakain na yan!*"

Sulsol ng mga kinginang Ulupong na to. Akala naman nila mauuto nila ko ganon. Chocolate lang yan! Mas mahal ang pride ko dyan! Kahit isang buong factory pa bilin niya sakin! Kahit ipagtanim pa niya ko ng cacao! Kahit siya pa mag-ani at giling non para maging tsokolate!

*HINDI AKO PAPAHULI NG BUHAY!*

Taas noo pa kong umirap sa Hari nila. At nang mapagtantong hindi ko talaga bubuksan ang bibig ko nakanguso niyang nilayo ang kamay.

**"Maybe you'll eat it this way."** Sabi niya at inipit ang chocolate sa mga labi bago yumuko palapit sakin.

*Teka lang! Hindi ako ready!*

Nanlaki ang mga mata ko at pinilit ko talagang lumayo kahit dinig ko na ang paglagutok ng batok ko. Mukang wala na kong batok bukas.

"*Ayan na Jay! Nganga na!*"

"*Labi pala ang gustong pang-subo.*"

Halos manlaki ang butas ng ilong ko dahil sa malalim na paghinga. Ngumiti na naman siya kaya napatingin na naman ako sa labi niya.

*Parang ang sarap ng la—CHOCOLATE!!*

Mabilis akong umiwas ng tingin. Bakit ko ba tinitignan yon? Paki ko sa labi—*este*, sa chocolate na yun. Eh nasa bibig na niya, madumi na. Baka mahawa pa ko ng kung anong germs galing sa kaniya kung kukuhanin ko yon—kung kukuhanin ah. Syempre hindi ko kukunin kahit parang gusto ko na kunin dapat hindi kukunin.

Nahalata siguro niya na wala talaga akong balak kuhanin yon kaya naman tuloy-tuloy na niyang kinain. Nakahinga naman ako ng maluwag ng bahagya siyang lumayo. Nakasilay pa rin ang nakakainis na ngiti niya.

Napilitan siyang bumalik sa pwesto niya ng dumating ang sunod na teacher. Nagsisimula ng kumalam ang sikmura ko. Kaunti lang din kasi ang kinain kong almusal. Apat na hotdog, tatlong bacon, apat na ham, isang itlog at dalawang sandok ng fried rice. Ang kaunti talaga, madalas yan tig-lima.

Kung alam ko lang kasing dadating ang pesteng Hari nila, binaon ko na sana ang ref. O kaya umorder ako buffet tapos lahat yon dito ko kakainin. Kayalang malamang na agawan ako n mga patay gutom na to.

Nagsimula ang klase na halos manlabo na ang mata ko, hindi dahil sa gutom kundi dahil naiiyak ako sa inis. Pakiramdam ko aping-api ako at ang mga Ulupong na to ang sulsol sa pagpapahirap sakin.

*Inaapi nila ko.*

Hindi na naman ako nakapag-sulat dahil wala na namang mapwestuhan ang notebook at braso ko. Nakatanga lang tuloy ako hanggang sa magturo na ang teacher namin sa harap. Wala na namang pumapasok sa isip ko. Gusto ko na talagang dakmain ang mga chocolate na to at lantakan ng mabilisan.

Lumipas ang oras ng hindi ko namamalayan, hanggang sa magligpit na ng gamit ang teacher. Literal kong naririnig ang pag-andar ng relo habang pinapanood siyang isa-isang nilalagay ang gamit sa bag.

Desidido na ko! Hindi ako pwedeng apihin ng ganito. Walang pwedeng umapi sakin ng ganito. Kahit presidente man o hari, hindi ako papayag na apihin ng ganito.

Tuluyan ng tumayo ang teacher at lumabas ng room. Nang mawala siya sa paningin ko tsaka lang ako tumayo. Alam kong nakatingin sakin ang lahat at nag-aabang sa gagawin ko.

Malalim pa ang paghinga ko bago ihakbang ang paa paalis ng pwesto. Huminto ako sa tabi ng lamesa ko.

**"Jay?"** Takang tawag sakin ni Ci.

Sinilip ko siya saglit bago tignan ang lamesa ko kung nasan ang mga chocolate. Huminga ulit ako ng malalim. Pumikit pa ko sandali bago mabilis na dinampot ang kahon-kahong chocolate. Dahil sa ginawa ko agad na nagsigawan ang mga Ulupong at mabilis na nagtakbuhan palapit sa lamesa ko.

"*AAYYAAANNN NAAA!! HINDI RIN NAKATIIS!*"

"*HOY! HOY! YUNG SAKIN!*"

"*MAY GO SIGNAL NA!*"

"*PAAAHHIIIINNNGGGGIII!*"

"*TABI! RAWR!*"

Mabuti nalang at mabilis akong nakatakbo palabas ng room. Napasandal nalang ako sa pader sa gilid ng pinto. Yakap-yakap ko pa ang mga chocolate na nakuha ko. Sinilip ko yon at laking pasasalamat ko dahil nakuha ko ang itim na box na kanina ko pa pinag-iinitan.

*Yesss, panes!*

**"You want more?"**

Muntik na kong mapatalon sa gulat. Nanlalaki pa ang mga mata ko ng tignan ko ang nagsalita. At nang makita ko kung sino, parang gusto ko siyang ihampas sa pinto.

Nakasandal sa hamba ng pinto ang lintik na pesteng, demunyung Hari ng mga Ulupong. Napalayo agad ako sa pader na sinasandalan ko at mahigpit na niyakap ang mga chocolate. Kinuha naman niya ang pagkakataon para lumabas ng tuluyan.

Parang mas tumangkad siya—*paki ko?!*

Taas noo pa kong humarap sa kaniya na para bang isa akong matrona na naniningil ng paupa.

**"Later, we'll talk."** Sabi niya.

**"Bakit? Bakit? Pumayag ba ko?"** Mayabang na tanong ko sabay tago ng chocolate sa likod ko.

Sandali siyang tumawa habang napapailing. Akala naman niya kinagwapo niya ang pagtawa niya.

**"C'mon. You accept the chocolate."**

*Tanginang accent yan!*

**"Eh ano ngayon?"**

**"You can't resist me."**

**"Chocolate lang ang *i-resistable*."**

**"I'll give you more chocolate."** Nakangiting sabi niya.

Parang bell na tumunog sa utak ko ang sinabi niya. More chocolate more chances of winning. Pero hindi pwede, dahil hindi ako patay gutom. At alam kong may balak ang talipandas na lalaking to.

Naningkit ang mga mata ko sa kaniya. **"Hindi mo ko mauuto."**

**"Marami ako pasalubong sayo."** Nakangiti pa ring sagot niya.

Kung nawiwindang ako sa accent niya kapag nag-english, mas nawindang ako ngayong nagtagalog siya. Parang isang daang taon ko na siyang hindi narinig na nagsalita ng tagalog.

Mas naging baritono ang boses niya—*paki ko?!*

**"Sayo nalang pasalubong mo! Basta wag mo na ko kakausapin!"** Inis na sabi ko sabay irap.

**"You don't want my *pasalubong*?"**

Tinaas ko pa ang kilay ko na kulang nalang umabot sa kisame. **"Ayoko! Kahit ano pa yan! Ayoko!"**

**"Kahit pagkain?"**

*Uy pagkain daw.*

Umikot ang mata ko at bahagyang tumalikod sa kaniya. Kulang nalang humaba ang nguso ko sa sinabi niya. Matalino ang Ulupong na to, alam niya kahinaan ko.

**"Anong pagkain yan?"** Nagbabantang tanong ko.

Sumilay na naman ang nakakainis niyang ngiti. Humakbang siya palapit sakin kaya napaatras ako pero naging mabilis siya at sa isang iglap hawak na niya ang hibla ng buhok ko na nakaharang sa muka ko.

Literal na nanigas ang katawan ko. Baka matulad ako sa sinabunutan ni Yuri sa mall. Mas lumapit pa siya sakin.

**"B-bakit?"** Hindi ko maiwasang hindi manginig sa kaba.

*Kingina ka!*

Nang sapat na ang lapit namin sa isa't-isa, hinawi niya ang buhok ko at dinala sa likod ng tenga ko. Halos tumalon ang puso ko palabas ng dibdib ko.

*Ene yen? Bakit ka nang-aano dyan?*

**"I'm glad to hear that you're still the same Jay. The same girl that I adore and love so much."** Sabi niya at bumaba ang kamay ko sa pisngi ko.

*Adore and love? Tuta ba ko?*

Napakurap-kurap ako sa lamig ng kamay niya. Napatitig nalang ako sa mata niya habang palapit ang muka niya sakin. Hindi rin niya inaalis ang mga tingin sakin at nang halos isang dangkal nalang ang lapit namin, pumikit na siya.

Naningkit ang mga mata ko at mabilis na itinaas ang kahon-kahon ng chocolate na hawak ko at iniharang sa mismong muka niya. Dinig ko ang pagdaing niya.

**"Yan ang chocolate galing sayo. Hala! Ayan! Laplapin mo!"** Inis na sabi ko at tinulak pa sa muka niya ang kahon. **"Ayan ang halikan mo! Ulupong!"**

*Kababalik lang gusto umiskor na? Kapal ah?*

Lakas makapag-pa-init ng ulo. Akala ba niya ganun-ganun nalang yon? Hindi ko sasayangin ang isang buwang mahigit na iniyak at pagmunura ko sa kaniya sa isang halik lang. Sa dami ng kasalanan niya sakin hindi na niya ko mauuto ng ganun lang!

Malakas kong tinulak ang kahon sa muka niya dahilan para mapalayo siya sakin. Malalim ang paghinga ko dahil sa halong kaba at galit. Napahawak siya sa nguso at ilong niya.

**"Sarap makipag-laplapan sa chocolate no?"** Sarcastic na sabi ko at narinig ko ang mahina niyang pagtawa.

**"As expected from my queen."** Sagot niya at umiling-iling pa.

*My queen?*

Saan ko ba narinig o nabasa yon? Pamilyar.

Sinamaan ko siya ng tingin ng ibaba niya ang kamay at ngumiti na naman. Namumula ang ilong niya.

**"Tigilan mo ko. Hindi ako natutuwa sayo."** May pagbabantang sabi ko.

**"How I miss your feistiness."**

*Ano daw?*

**"Hindi kita namiss."**

**"I didn't ask."**

**"Kingina mo!"**

Mas lumapad ang ngiti ng walanghiya. Ako naman tong inis na inis at gusto na talaga siyang sapakin. Kung pwede ko nga lang sita tadyakan, kanina ko ko pa ginawa.

Ako talaga hinahabaan ko lang pasensiya ko. Pag-ako talaga napikon. Itataob ko buong school sa muka niya. Tignan ko kung maka-ngiti pa siya.

**"Keep cursing. Always remember that I'm counting it."** Sabi niya at kumindat na naman.

*Keep winking! Dudukutin ko mata mo.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 322

**A/N:** babagal na ang bawat scene. Andito na kasi si Kepweng. Tapos si Yuri pala talaga pipiliin ni Jay-jay. Hahahaha

Enjoy!

**Eating lunch**

***Jay-jay's POV***

**"Pahingi."** Bulong ni Ci-N habang pilit inaabot ang kahon ng chocolate na nakuha ko.

**"Ang dami kong iniwan kanina."** Reklamo ko habang nilalayo ang hawak ko.

**"Hindi ako nakakuha kanina."** Sabi niya pero nakikita ko ang isang ngipin niyang may chocolate pa.

Tinuro ko ang bibig niya at pinaningkitan siya ng mata. **"Eh ano yang nasa ngipin mo?"**

**"Tinga! Hindi ako nag-toothbrush."** Palusot niya kahit halata namang marami din siyang nakuha.

Siya kaya ang katabi ko at pinaka-malapit sakin. Isang unatan lang nang kamay hakot na niya lahat. At isa pa, ang daming balot ng chocolate sa ilalim ng upuan niya. Natapakan na nga niya ang iba ng hindi namamalayan.

Narinig ko na ang tunog ng bell. Nag-papa-alala na lamunan time na. Mabilis kong tinago sa bag ko ang kahon ng chocolate. Nang makita kong sinisilip ng Batang Kumag yon, agad ko siyang binantaan ng suntok.

**"Lunch, Jay?"** Aya ni Yuri na nasa pagitan na namin ni Ci.

**"Yes, libre mo."** Sagot ko at tumawa naman siya.

Tinignan ko si Ci para sana ayain siya pero halatang wala siyang balak umalis sa pwesto niya.

**"Hoy, hindi ka ba sasabay?"** Tanong ko sa kaniya.

Umiling siya. **"Wala pa yung pagkain."**

**"Baka bibili tayo."**

Pinagmasdan niya ko na para bang nagtataka siya sa pinagsasa-sabi ko. Pinag-taasan ko siya ng kilay.

**"Bakit ganyan ka makatingin?"**

**"Bakit ka pa bibili? May pagkaing dadating."** Sagot niya bago kamutin ang kilay.

Taka ko siyang tinignan. May pagkaing dadating? Literal bang may babato ng pagkain samin o kaya isasampal samin? Magpapa-ulan ba ng pagkain ang langit? Bago to!

Tinignan ko si Yuri sa pagba-baka sakali na may alam siya. Pero nakatingin din siya kay Ci na puno ng pagtataka.

Hanggang sa mapatingin nalang kami sa likod dahil sa ingay ng mga bakal na kuma-kaskas sa sahig. Barumbadong inaayos ng mga Ulupong ang mga lamesa.

**"I-angat mo ang lamesa! Bobo!"** Inis na sabi no Blaster kay Drew.

**"Baka i-angat mo din! Mas bobo!"** Sagot naman ni Drew.

**"Naka-angat na! Pinaka-bobo!"** Ganti naman ni Blaster.

**"Kaya pala side ko lang naka-angat! Super bobo!"** Hindi papatalong sagot ni Drew.

**"Pareho kayong bobo! Mga putang'na niyo!"** Sigaw ni Felix sa kanila.

**"Ano to? Labanan ng mga bobo. Nagtalo pa kayo, pareho lang naman kayo ng banat ng utak."** Mapang-asar na sabi ni Denzel.

Mahinang natawa ang mga katulong nila sa pag-iingay. Muntik pang mauwi sa suntukan ang away nila kundi lang gumitna si Felix at ambaan sila ng batok pareho.

*Ano naman kaya ang ginagawa ng mga bobo?*

Pinaglalapit-lapit nila ang mga lamesa nila sa likod at tinatabi naman ang mga upuan. Kaniya-kaniya sila ng ayos na akala mo may pinaghahandaang kaganapan.

**"Anong ginagawa niyo?"** Tanong ko sa kanila.

Si Felix ang tumingin sakin at sumagot. **"Inaayos ang pag-lalagyan nang pagkain."**

Tinignan ko si Yuri ng bigla nalang siyang pumitik gamit ang mga daliri.

**"Oo nga pala. Umorder nga pala ng pagkain si Keifer para sa atin. Ngayon ko lang naalala."** Sabi niya at napakamot ng batok.

Gusto kong pumalakpak ng sobrang lakas.

*Pagkain to! Magpapakain ang luko!*

Pero paano ko gagawin yon kung ang magpapakain ay ang kinaiinisan ko sa lahat. Ang kapal nalang ng muka niya kung tatakamin na naman niya ko kagaya ng ginawa niya sa chocolate kanina.

Ang kapal talaga ng muka niya! Alam niya kasing hindi ako tatanggi.

Pero mas mabuti siguro kung magpapaka-busog na ko para hindi ako malamangan ng lukong yon. Kung busog ako, malaki ang chance na tumanggi ako.

*Tama! Tama! Malaki ang chance.*

Kinuha ko ang wallet ko mula sa bag at tumayo. **"Sa cafeteria lang ako."**

Hindi ko na hinintay ang sasabihin nila at naglakad na palabas. Narinig ko pa ang pagtawag sakin ni Yuri pero hindi ko na siya pinansin.

Hindi ako kakain dito at hindi ko kakainin ang pahanda ng ugok na Kei—*kwanan.* Baka may taglay na sumpa yon. Baka magsara butas ng pwet ko kapag kinain ko yon o sasakit ang tyan ko. Pinaka-malala baka lagyan ng gayuma.

Sa cafeteria nalang ako kaka—*amoy lechon.*

Nanlalaki pa ang butas ng ilong ko habang pilit hinahanap kung saan galing ang amoy. Mas lumalakas yon, lalo ng maglakad ako palapit sa hagdan. Hinintay ko sandali kung tama ang direksyon ng pinang-gagalingan ng naaamoy ko.

Ganun nalang ang panlalaki ng mata ko ng makita kong paakyat ang ilang grupo ng kalalakihan na may dalang pagkain. Daig pa ang may pa-fiesta sa dami ng dala nila. Sunod-sunod silang umaakyat at ng sundan ko kung saan sila pupunta, dumiretso sila sa classroom namin.

At nang dumaan ang lechon sa harap ko, halos hindi ko maramdaman ang kirot sa leeg ko ng sundan ko ang destinasyon non.

*Bess, my lechon!*

Nakagat ko nalang ang labi ko. Bakit pa ko pupunta ng cafeteria kung eto na ang grasya? Pinapa-abot na ng langit. Nana-nampal ang amoy.

Pero kapag kumain ako dyan, malamang kong may binabalak na naman ang Hari ng mga Ulupong. Malamang na kagaya lang yan ng ginawa niya sa chocolate. May kapalit to! May kapalit to! May kapalit—*papayag kaya siya sa isang kiss palit ng ulo ng lechon?*

Muntik ko ng sampalin ang sarili ko dahil sa naisip ko. Kailan pa ko naging mahalay? At ang babaw ng isang halik para sa lechon. Malamang na malaki ang magiging kapalit ng mga pagkain na yan.

Nahawakan nalang ng dalawang kamay ko ang muka ko. Ibig sabihin lang nito, kailangan kong magtiis at taasan pa ang pride ko. Mas mataas pa kesa sa pagtitiis na ginawa ko kanina. Mas matayog pa sa skyscrapers.

*Kakayanin ko kaya?*

**"What—"**

**"Ay ulupong!"** Gulat na sabi ko.

**"—are you doing here?"** Pagtutuloy na tanong ni Kei—*kwanan* kahit natatawa sa reaksyon ko.

**"Bakit ba kasi bigla-bigla ka sumu-sulpot?!"** Inis na tanong ko.

Bahagya siyang tumawa. **"I'd been here for a couple of minutes now. Watching you."**

Gusto kong sampalin ang sarili ko. *Nakakahiya*! Kanina pa pala siya nandito sa tabi ko. Malamang na nakita niya ang reaksyon ko habang sinusundan ang lechon at ang pag-iisip ng malalim.

**"Come on. Lets eat."** Aya niya at bigla nalang hinawakan ang kamay ko para hilahin ako.

Parang may switch on ang puso ko sa pagtibok ng malakas at mabilis. Masyado na siyang pabibo para sa araw na to. Hindi yon maganda. Mukang dapat ng itumba. *Charot!*

Agad akong nagpumiglas at pilit binawi ang kamay kong hawak niya. Halatang natigilan siya sa ginawa ko.

**"Wag ka ngang nanghahawak!"** May halong pagbabanta ang tono ko.

**"I just want us to eat lunch together."** Mahinahong sagot niya.

**"Kakain ako!"** Inirapan ko siya. **"Pero gusto kong ma-siguro na walang ibang ibig sabihin ang gagawin kong pagkain dyan sa in-order mo!"**

Tumaas ang isang kilay niya. **"Okay..."** Mabagal na sagot niya.

**"Kagaya ng ginawa mo sa chocolate!"**

Tumango-tango siya na para bang na-realize na niya ang ibig kong sabihin.

**"You have nothing to worry about. This is truly just for our lunch."**

**"Wag mo kong ina-ano dyan!"**

**"I am not!"** Sabi niya at sinubukan akong lapitan para hawakan.

Agad akong lumayo at inalayo ang mga braso ko sa kaniya na para bang meron siyang nakakahawang sakit.

*Masakit sa puso.*

**"Wag ka ngang nang-aano!"** Inis na sabi ko.

**"Ina-ano?"** Tanong niya habang natatawa.

Lumapit na naman siya at tinangkang abutin ang kamay ko. Umiwas na naman ako pero sumunod pa rin siya.

**"Ano ba?!"** Naiiyak na ko sa inis.

*Punyeta naman.*

**"What's wrong? I just want to hold your hand."**

**"Walang holding hands! Masama!"**

Nagsisimula na kong hingalin pero siya parang tuwang-tuwa pa na naghihirap ako sa pang-aasar niya. Para tuloy gusto ko siyang hambalusin ng sapatos.

Dahil hindi ko na mapigilan ang pagod, hinarang ko nalang ang dalawang kamay sa kaniya para patigilin siya.

**"Tigil!"** Sigaw ko sa kaniya at ginawa naman niya.

**"What? Seriously? What's wrong with you?"** Sunod sunod na tanong niya.

*Ako pa ngayon ang may mali?*

**"Tukmol ka! Sinabi na kasing wag humawak."** Inis na sagot ko at naghabol ng hangin.

Bigla nalang niyang hinawakan ang isang kamay ko. Mahigpit yon at halos baliin niya ang mga daliri ko.

**"A-aray!"** Reklamo ko.

**"I'm holding your hand now. Did something bad happens to you?"** Tanong niya na para bang nanunumbat. **"I just want to hold you."** Napansin ko ang pagkislap ng mata niya. **"Because I fvcking miss you."** Basag ang boses niya at halatang nagpipigil....*umiyak.*

Unti-unti lumuwag ang pagkakahawak niya sa kamay ko. Bigla nalang akong na-konsensya dahil sa sinabi niya. Para bang kasalanan ko pang ayaw kong mag-pahawak sa kaniya.

Pero kung hahayaan ko siyang hawakan ako, para ko na ding binaliwala lahat. Lahat ng sakit. Lahat ng tanong na walang sagot. Lahat ng pag-iyak ko. Lahat ng pag-iisip ko. Lahat ng pagmumura ko.

At higit sa lahat—

**"It's beating. Damn fast."** Sabi niya habang nakatingin sa kamay kong hawak niya.

Eto na nga ba sinasabi ko! Nararamdaman niya ang pagwawala ng puso ko. Pakiramdam ko tuloy puno na ng muscle ang puso ko dahil ang sipag niyang mag-exercise ngayong araw.

Babawiin ko na sana ang kamay ko pero unti-unti niyang nilapit yon sa dibdib niya. Lalong nag-hurumintado ang dibdib ko.

**"Can you feel it?"** Tanong niya ng maglapat ang palad ko sa dibdib niya.

Meron ngang malakas na tibok ng puso pero hindi ko alam kung sa akin ba o sa kaniya. Hindi malinaw sakin dahil sa nanlalamig kong kamay.

**"My heart beats for us. For me to be alive and for you to know how much I love you."**

*I-i-i-i—ayno daw?*

Muntik na kong matumba dahil sa panlalambot ng tuhod ko sa sinabi niya. Nagwawala ang buong sistema ko. Parang ayaw pang pumasok sa utak ko nung una. Ayaw tanggapin ang bawat salitang sinabi niya. Parang hindi totoo! Namamaligno yata ako.

*Jusmiyo! Kailangan ko ng albularyo!*

Panay ang buka ng bibig ko. Naghahanap ng tamang salita na isasagot sa kaniya. Pero wala akong mahagilap, kahit isang letra.

Nakatitig lang siya sakin na lalong nagpahirap sakin. Sinubukan niyang lumapit kaya mabilis akong umatras. Ilang beses pa niyang ginawa yon hanggang sa pader na sa likod ang nagpatigil sakin.

Hindi pa rin niya inaalis ang kamay ko sa dibdib niya. Balak ko sanang gamitin yon para pigilan siya sa paglapit pero dahil sa panlalambot ko wala pa rin akong nagawa.

**"S-s-s-sandale."** Muntik ko ng hindi mabuo ang sasabihin ko.

*Anak ka ng Ulupong naman kasi!*

At nang halos isang dangkal nalang ang pagitan namin, sumilay ang matamis na ngiti sa labi niya.

**"P-punyeta ka. Wag k-kang magkakamali."**

**"Your lips and profanities, are making me damn crazy for your kiss."** Sabi niya at akmang hahalikan ako pero napatigil kami pareho dahil sa impit na tili ng kung sino.

Dahan-dahan akong lumingon para hanapin ang salarin. Kung hindi lang dahil sa sakit ng leeg ko malamang malayo na naikot ng ulo ko.

Todo ngiti ang Batang Kumag na nakatingin samin habang hawak ang cellphone at nakatutok samin ang camera. Nakita ko din ang ibang Ulupong na naka-silip sa pinto at malapad ang ngiti.

Nanlaki ang mata ko ng maging malinaw sakin ang nangyayari. Agad kong tinulak ng malakas si Kei—*kwanan.* Napaatras siya sa pagka-bigla at kita ko ang pag-guhit ng sakit sa mga mata niya.

**"Ay, walang kiss?"** Sabi ni Ci at binaba ang cellphone.

Mabilis na nagsalubong ang kilay ko. **"Ganun nalang yon? Matapos lahat ng kasalanan mo babalik na parang walang nangyari?"**

**"Awkward."** Dinig kong bulong ni Ci at mabilis na tumakbo pabalik ng room.

**"Jay—."**

**"Husay mo no? Ano gamit mo facemask? Tibay ng kapal ng muka mo eh."**

Sinubukan niyang lumapit pero inambaan ko siya ng sampal. Tumigil siya at halatang hinintay ang gagawin kong pagtatagpo ng palad ko at ng muka niya.

**"Go ahead. Hurt me."** Sabi niya at nagbuntong hininga. **"I deserve it."**

Nagsimulang manlabo ang paningin ko dahil sa pamumuo ng luha. Kusang sumara ang palad ko at binaba ang kamay ko.

**"Buti alam mo."** Halos pabulong kong sabi at mabilis na naglakad pababa ng hagdan.

Hindi ko talaga alam kung saan ako pupunta. Idagdag pang maraming istudyante dahil lunch break kaya wala akong lulugaran. Mabilis kong pinunasan ang muka ko dahil sa mga luhang bumabagsak.

Malapit na ko sa ground floor ng masalubong ko si Aries at Ella. Halos sabay pa silang napataas ng kilay sakin dahil siguro sa itsura ko.

Sandaling tumingin si Aries kay Ella at tumango. Nakuha naman agad niya ang ibig sabihin at naglakad na paalis.

**"Kumain ka na?"** Tanong ni Aries.

At mukang hindi ko na kailangang sumagot. Kusang nag-ingay ang tyan ko, tanda na nagwawala na ang mga alaga ko. Pa-simple akong napahawak don.

**"Tara sa labas."** Aya na.

Kahit nag-tataka, sumunod pa rin ako sa kaniya. Dumiretso kami sa parking at magkasunod na sumakay sa kotse. Alam kong sa labas kami ng school pupunta pero eksaktong saan, hindi ko alam.

Nasagot lang ang tanong ko ng huminto kami sa isang kainan halos isang kanto lang ang layo sa school. Pwede namang lakarin pero mauubos ang oras sa paglalakad at saksakan ng init.

Sabay kaming bumaba ng kotse at pumasok sa loob. Rice meal lang ang meron sila kaya hindi mahirap um-order. Tama ng tucino at tatlong order ng kanina.

*Gusto ko yung lechon.*

Walang lugar para malungkot. Muka lang akong tanga non, kung matapos naming mag-away ay kakain pa rin ako ng pahanda niya. Nasan ang pride ko non. Binaba ko na nga nung kinuha ko yung chocolate tapos mas iba-baba ko pa.

Nakapangalumbaba ako habang hinihintay ang order ko. Ako lang dahil naka-kain na daw si Aries bago kami magkita. Maaga silang nakalabas sa huling subject nila.

**"Speak."** Utos ng horoscope.

Napanguso ako habang kuwaring binabasa ang mga nakadikit sa lamesa. Mga paalala para sa mga balahurang, walang pinag-aralan kapag kumakain.

*Yun ang nakalagay sa notes.*

**"Wala pa ba? Nagugutom na ko."** Sabi ko ng hindi tumitingin sa kaniya.

**"Sabi ko magsalita ka pero hindi tungkol sa kung saan."** Inis na sabi niya.

**"At least nagsalita."** Sagot ko at mabilis naman niya kong tinignan ng masama. **"Ano naman bang sasabihin ko?"**

Alam kong gusto niyang marinig ang sasabihin ko tungkol sa pag-uwi ng tropahan niyang galing ng London.

**"Of course! About him!"**

**"Inuwian ka niya ng London bridge."** Sagot ko at mabilis na tumaas ang palad niya para ambaan ako ng batok.

Mabuti nalang at dumating na ang order ko. Samantalang juice lang ang sa kaniya. Hinayaan muna niya kong kumain habang hawak niya ang cellphone at panay ang text.

**"Make sure to think twice before making an action. Your recklessness will put you in danger. Baka malintikan ka kay Kuya kung gagawa ka ng kalokohan."** Paalala niya.

**"Ako na naman."** Reklamo ko.

Ako agad ang pina-alalahanan. Kumusta naman kaya siya? Sino kaya yung naka-kidnap kakahanap ng cellphone? Hindi ba kapabayaan din yon? Kapag kalokohan, ako agad.

*Ako lang ba maloko?*

**"Sino bang makalokohan dito?"** Sarcastic na tanong niya.

Tumingin ako sa ibang direksyon at sinubo ang straw sa baso ko. Pilit akong humigop kahit wala ng laman ang baso kundi yelo. Lumikha lang ng ingay yon.

**"Sagot."** Utos niya.

Tinigilan ko ang paghigop. **"Ako ba?"**

Tumaas ang isang kilay niya. **"Tanong ba yan?"**

*Hindi, sagot.*

**"Edi ako na! Ako naman palagi!"**

**"Dahil ikaw naman talaga! Lalayo ka pa! Gusto mo ilatag ko listahan ng mga kalokohan mo?"**

**"Wag."** Halos pabulong kong sagot. **"Mahaba."**

Bigla nalang niya kong pinitik sa noo. Mabilis kong hinawakan ang noo ko habang tinitignan siya ng masama.

**"Umayos ka."** May pagbabanta niyang sabi.

Tumayo na siya kaya sumunod na ko pero niligpit ko muna na ang pinagka-inan ko bago iabot sa counter. Yun kasi ang nakalagay sa paalala niya.

Pagbalik namin sa school, patapos na ang break kaya mabilis kaming bumalik sa mga klase namin. Ayoko pa sanang pumasok sa room pero natanaw ko na ang sunod maming teacher.

Pagpasok ko sa loob, hindi pa rin tapos kumain ang mga luko. Nagmamantika pa ang bibig ni Ci na kumaway sakin para palapitin ako.

**"Saan ka galing? Hinahanap ka ni Keifer."** Sabi niya at saktong pumasok ang Hari nila.

Umiwas ako ng tingin at dumiretso sa upuan ko. Inayos ko ang gamit ko at nagkunwaring walang pakialam sa nangyayari sa paligid ko. Kahit amoy na amoy ko ang mga pagkain.

*Parang nagutom ulit ako.*

**"Where have you been?"** Malumanay na tanong ni Kei—*kwanan.*

Bahagya akong umubo. **"Dyan lang. Kumain."**

Sandali siyang hindi nagsalita bago tumango-tango at umalis. Agad na lumapit sakin si Ci at bumulong.

**"Hindi pa siya kumakain. Kakahanap sayo."** Sabi niya kasabay ng pagtalsik pa ng kinakain niya sa muka ko.

Saglit kong pinunasan yon. Bahagya naman ako na konsensya na hindi siya naka-kain. Pero bakit ko naman iisipin yon. Wala naman akong sinabi sa kaniya na hanapin niya ko. Pwede namang ipagpaliban niya yon at kumain muna. O kaya hindi nalang niya ko hanapin, dahil hindi naman ako nagpapahanap.

Pumasok na ang sunod na teacher namin. Wala ng oras para kumain ang Hari ng mga Ulupong. Pero sa halip na sitahin ng teacher ng mga kumakain hinayaan lang niya lalo ng ng abutan siya ng pansit na may puto ni Felix.

**"Saluhan mo si Keifer don."** Bulong ni Eren na nasa likod ko. **"Pati si Yuri, hindi din kumain kakahanap sayo."**

*Pati si Yuri?*

Tinignan ko si Ci-N para kumpirmahin at nang tumango siya nahiya naman agad ako. Pati si Yuri naabala ko din ng hindi namamalayan.

Kinalabit ako ni Eren. **"Samahan mo na don."**

Inikot ko ang buong katawan ko para maharap siya at inambaan siya ng sampal. Ang lalim kasi ng kalabit niya at ramdam ko ang hapdi sa balat ko.

*Kinginang kuko yan.*

**"Wagas ka naman maka-kalabit."** Inis na sabi ko.

Napatingin ako kay Yuri ng mapansin ko nakatingin siya sakin. Sinenyasan niya ko na kumain at tinuro ang handa. Umiling ako sa kaniya at sinabing kumain na. Malungkot siyang ngumiti.

Sinenyasan ko siyang kumain na pero umiling siya. Parang alam ko na. Mukang wala na siyang balak kumain. Marahas akong napakamot sa batok.

*Ayoko namang pati siya magutom dahil sa kaartihan ko.*

Tinignan ko ang teacher na busy sa pagkain bago tumayo at lumapit kay Yuri.

**"Kumain ka na."** Utos ko sa kaniya.

**"How about you?"**

Tumingin ako sa mga handa. **"A-ano? Kumain na ko."**

**"Kain ka ulit."** Sabi niya habang may nakakalukong ngiti.

**"Pag-iisipan ko."**

Tumango lang siya bago tumayo at lapitan si Kei—*kwanan.*

**"Kain na."** Aya ni Yuri at walang buhay na tumango tong isa.

Sabay silang lumapit sa mga pagkain at ako naman nakasunod sa kanila. Sini-silip-silip ang mga pagkain.

*Baka biglang tumakbo.*

**"Jay? Ayaw mo talaga?"** Tanong ni Yuri habang hawak ang platong puno ng balat ng lechon.

Umiling ako. **"O-okay na ko—."**

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng may humawak sa kamay ko at ipatong don ang isang plato na puno ng lechon.

**"Eat or I will kiss you in front of everyone."** Bulong ng pinaka-bwisit na Hari nga mga Ulupong.

Nanlalaki pa ang mga mata ko habang nakatingin sa pagkain. Napatingin din ako kay Yuri ng mapansin ko ang pagtawa niya habang umiiling. Mukang hindi naman niya narinig ang sinabi nitong Best friend niya.

Tinignan ko naman ng masama ang mga Ulupong ng mapansin kong pinapanood pala nila kami.

Mukang wala akong choice kundi ang lunukin na naman ang pride ko at kumain ng pahanda ng lintik na lalaking to. Kahit busog na talaga ako at wala ng lugar para kumain pa ulit.

*Esushme, wala akong choice.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 323

**A/N:**

HAPPYISH BORNDAY!!

**JASPER JEAN MARIANO**

AND

JASPER JEAN A. F. DL.

Pamangkin ko!

Wala talaga akong ideal na girl before. Basta para sakin sapat ng babae ka. Kasi kaya naman ng babae maging ano siya.

I'm so proud of my Jay-jay.

**Review**

***Jay-jay's POV***

Tahimik. Parang may anghel na nakabantay.

*Kuya Angelo?*

Hindi anghel yan. Nagpapanggap lang yan. Nakaharang ang dalawang kamay na mag-kasiklop sa muka niya. Paligid-ligid ang mga mata samin na nasa hapag.

Hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Pati tuloy mata ko umiikot-ikot din sa kanila.

**"Pupuntahan ko si Jeana."** Basag ni Tita Gema sa katahimikan.

Sandali akong natigilan at napatingin sa kaniya. Hindi man lang niya ko tinapunan ng tingin. Parang ngayon ko lang siya narinig na pupuntahan si Mama. Alam kong hindi sila mag-kasundong mag-kasundo pero pilit inaayos ni Tita Gema ang meron sa kanila.

**"Ingat."** Walang buhay na sabi ni Aries.

**"Baka bukas na ko umuwi."** Dagdag ni Tita Gema na nagpatigil kay Kuya.

**"May problema ba?"** Tanong niya.

Umiling si Tita. **"Nagpapatulong lang si Jeana sakin."**

*Tungkol saan?*

**"P-pwede po ba kong sumunod?"** Tanong ko.

**"Wag na."** Mabilis at sabay na sagot ni Kuya Angelo at Tita Gema.

Sabay din kami ni Aries at Tito Julz na napatingin sa kanila.

**"Kami nalang siguro. Hindi naman mahalaga yon."** Sabi ni Tita at nagpilit ng ngiti.

Tinignan ko si Aries na nakatingin din pala sakin. Mabilis namang tinapos ni Tita ang pagkain at umalis na sa hapag. Sumunod sa kaniya si Tito Julz para ihatid siya.

Tatlo nalang kami sa hapag. Parang alam ko na ang susunod na mangyayari.

*May delubyo!*

**"Jay."** Tawag ni Kuya sakin.

*Ayan na!*

Nabitin sa ere ang kutsarang may kanin na isusubo ko sana.

**"B-bakit?"**

**"Nakausap ko si Alvin."** Panimula niya at naibaba ko ang kutsara sa plato. **"Hindi ka daw sumusunod sa mga inu-utos niya at pabalang ka pa daw sumagot."**

*Whut?*

**"Hindi ah!"** Dipensa ko.

Grabe si Sir Alvin. Sinusumbong ako kay Kuya wala naman ako ginagawa masama sa kaniya.

Pinagtaasan ako ni Kuya Angelo ng kilay na para bang naniniguro siya. Hindi ko maiwasang hindi matakot sa ginagawa niya.

**"M-minsan lang."** Sagot ko at napayuko.

Mabilis na hinampas ni Kuya ang palad niya sa lamesa. Pati si Aries nagulat din sa ginawa niya at muntik pang masamid sa iniinom na tubig.

**"Why are you treating him like that? Mayabang ka pa sa kaniya!"**

**"H-hindi naman. A-ano lang k-kasi..."** Hindi ko mahanap ang tamang sagot.

Gusto ko ng maiyak. Ang aga-aga ganito ang bungad niya sakin. Tuwang-tuwa pa naman ako dahil Friday na at pahinga na bukas. Hindi ko na makikita ang muka ng pesteng Hari ng mga Ulupong. Makakapag-ipon ako ng sapat na energy para harapin siya sa susunod na linggo.

*Tapos ang pangit ng bungad ng araw ko.*

**"Para mo na ring sinabi na hindi ka natuturuan ng magandang asal dito! Did we taught you to disrespect your teacher?!"** Galit na tanong niya.

Nakayuko ako habang umi-iling. Akala ko pa naman kakausapin niya ko dahil andyan na si Kei—*kwanan*. Yun pala se-sermunan niya ko dahil may sinumbong si Sir Alvin.

**"H-hindi. Kasi...ano yon...si Sir..."** Sinubukan kong mangatwarin pero tingin palang ni Kuya Angelo umuurong na dila ko.

Tumayo si Aries kaya saglit akong napatingin sa kaniya. Malamang ko maliligo na siya. Kapag naunahan na naman niya ko mamadaliin na naman niya ko. At malaking kasalanan kapag na-late kami dahil sakin.

*Akala mo naman ika-mamatay niya kapag nahuli siya*.

**"K-kuya. Mala-late ako."** Sabi ko na parang nakiki-usap pero unti-unti ng tumatayo.

**"Anong balak mo?"** Tanong niya na nagpatigil sakin.

**"Maliligo na."**

**"About Keifer."**

Tuluyan na kong hindi gumalaw. Hindi rin ako nakapag-salita. Ano nga bang balak ko?

Makailang beses akong nalamangan ng tarantadong yon kahapon. Buti nalang at sinundo ako ni Aries sa room nung uwian dahil balak pa ng mga luko pumarty-party.

Kung pwede lang umiwas ng umiwas, yun nalang gagawin ko. Kaso hindi naman ganun dahil ayaw akong tigilan ng pesteng Kei—*kwanan* na yon. Kakauwi palang niya pero sinimulan na kaagad niyang sirain ang araw ko.

Mabuti nalang at nawala na din ang stiff neck ko na siya ang sinisisi ko kung bakit ako nagkaroon. Salamat sa malakas na batok ni Aries kahapong pauwi na kami. Nagalit siya dahil nakasibangot daw ako at parang ayaw ko pang sinundo niya ko. Naiisip ko lang kasi na, kakain na naman sila tapos hindi ako kasama.

**"I know you two have a thing."** Mahinahong sabi niya.

**"Anong *thing*? Walang ganon!"** Mabilis kong dipensa dahil wala naman talaga. **"Kuya, niloko ako non!"**

**"Naloko ka. Ibig sabihin, may feelings ka?"**

**"Oo—ay wala!"**

Kailangan kong tumanggi. Dahil yun ang dapat at yun ang tama. Walang magandang idudulot sakin ang pagmamahal kuno na yan. Lalo na sa harap ng pinsan kong nagpapanggap na anghel na bumaba sa langit.

Umiling-iling si Kuya. **"Saan ka naman kaya pupulutin niyang kalokohan mo?"**

**"Magtatapos ako pag-aaral."** Mayabang kong sabi.

**"Wala akong sinabing hindi. Kahit mabuntis ka ngayon, magtatapos ka."**

**"Bakit ako mabu-buntis?"**

**"Kutob ko lang."**

**"Hindi ako naniniwala. Hindi sosyal instinct mo."** Sabi ko at tatalikuran na sana siya pero binalikan ko muna ang kanin sa plato ko.

Inubos ko muna yon at kumuha na rin ng hotdog bago tuluyang umalis.

**"Jay. Mag-ingat ka."** Habol niya bago ako tuluyang makalabas ng dining area.

Patakbo akong dumiretso sa kwarto ko at sa banyo. Mabilis ang naging kilos ko. Muntik ko pang makalimutang mag-toothbrush. At habang nagbibihis ako kumatok na ang kapalaran ko.

**"Napaka-bagal mo talaga!"** Reklamo niya.

**"Oo na! Oo na!"** Napa-irap nalang ako sa inis.

Dahil sa pagmamadali, magka-iba na naman ang medyas ko. Hinayaan ko nalang at hindi naman madalas punahin sa school. Paki ba nila? Sila ba naglalaba ng medyas ko?

*Magbigay sila pambili sabon.*

Naglakad na ko palabas ng masigurong okay na ang lahat ng gamit ko. Nagpaalam pa ko sa dalawang snorlax.

**"Ang tagal!"** Inis na sabi ni Aries bago sumakay sa kotse niya.

Hindi na ko nagsalita at baka madagdagan lang ang init ng ulo niya. Tapos isusumpa niya ko. Hindi pwede, maganda dapat ang araw ko ngayon.

Dahil ngayong araw ay Biyernes. Huling araw bago mag-sabado at linggo. At ano ang sabado at linggo? Pahinga ko, pahinga ng mga mata ko, pahinga ng isip at damdamin kong dinudurog ng masidhi kong galit sa pagmumuka ng pesteng lalaking yon.

*Kaya dapat good vibes ngayon*.

Huminto ang kotse sa parking ng school. Wala ng nag-salita samin ni Aries na magandang bagay, dahil walang sumpa. Naglakad na ko papasok sa school. Patuloy lang ako kahit pansin ko na ang pagtingin ng ibang istudyante sakin at pagbubulungan na din.

Mukang alam ko na ang dahilan. Nakauwi na syempre ang Hari ng mga Pesteng Ulupong. Malamang ko na umiikot na naman ang tsismis tungkol samin. Napairap nalang ako sa hangin.

*Hirap maging maganda.*

Nang makarating na ko sa floor ng classroom namin, napahinto ako. Eto na naman, kailangan ko na namang pahabain ang pasensya ko at pataasin ang pride ko.

Napabuntong hininga nalang ako bago ihakbang ulit ang mga paa ko at maglakad papasok sa room. As usual hyper na naman ang mga ugok at ang dahilan? May pagkain na naman.

*Buti nalang nag-almusal—french toast ba yung naaamoy ko?*

Sandali ko sinilip ang kinakain ng mga luko. May fried rice, hotdog, ham, omelette, longganisa, tucino, spam at kung ano-ano pang almusal na hindi na pang-pilipinas.

Lumiligid pa ang paningin ko para sana tignan ang kinakain ng iba, pero napatigil ako ng masalubong ko ang mga mata ni Kei—*kwanan.* Pasimple siyang ngumiti na akala naman niya susuklian ko.

Pasimple kong tinaas ang gitnang daliri ko at kuwaring ginamit para mangulangot. Sa halip na mainis sa ginawa ko mas lumawak pa ang ngiti niya.

Inirapan ko nalang siya at naupo na sa pwesto ko. Sandali akong napatigil ng mapansin ko ang nasa ibabaw ng lamesa. Isang kahon na may ribbon. Mukang regalo pero wala namang balot ang kahon. Dapat may balot para mas maganda kahit wala naman talaga laman.

Inayos ko sandali ang gamit ko bago pagtuunan ng pansin ang kahon.

*Para sakin kaya to? O may naki-patong lang.*

Nilingon ko si Ci para sana tanungin pero busy sa pagkain ang luko. Punong-puno ang bibig niya na halos hindi na sumara. Mabilis na nagbago ang isip ko at hinarap nalang si David na kasalukuyan namang ine-enjoy ang kape.

Sayang lang ang kape. Wala naman talab yan, tulog pa rin siya mamaya.

**"David."** Tawag ko sa kaniya.

**"Hm?"** Sagot niya habang humihigop ng kape pero nasa cellphone naman ang mga mata.

**"Para sa akin to?"** Tanong ko sabay turo sa kahon sa lamesa ko.

Lumingon siya sandali at tinignan ang tinuro ko. **"What do you think?"**

**"Nasa lamesa ko, para sa akin."** Sagot ko.

Tipid siyang ngumiti. **"Hindi. Nakipatong lang talaga yan."**

Tinignan ko siya ng masama. Ang tino kausap. Nagkape naman siya pero nasa mood na naman mang-asar ang lintik. Resulta ba yan ng pagkakaroon ng sosyaling instinct?

Bigla ko tuloy naalala ang sinabi ni Kuya. Hindi naman sa naniniwala ako pero gusto ko lang ma-kampante. Gusto kong marinig ang sasabihin ng totoong taong may sosyaling instinct.

**"Dabid."** Tawag ko ulit sa kaniya at bahagya pang lumapit. **"May tanong lang ako."**

Tinigil niya ang balak na pag-inom ng kape at hinayaang mamatay ang cellphone para lang makinig sa itatanong ko.

**"Tingin mo ba maaga ako mabu-buntis?"**

Mabilis na umasim ang muka niya na para bang nakakabigla at nakaka-asiwa ang tanong ko. Kulang nalang pandirihan niya ko.

*Grabe maka-react.*

**"What the hell? Did you do that....*thing*?"** Gulat na tanong niya.

Napakurap-kurap pa ko habang iniisip ang *thing* na tinutukoy niya. Mabilis naman akong napa-*oh* ng ma-realize ko ang ibig niyang sabihin.

**"Hindi! Tingin mo lang, base lang sa personalidad ko."**

Saglit siyang tumitig sakin. **"Why are you asking me that?"**

**"Sosyal kasi instinct mo, 'di ba?"**

Napakamot siya sa kilay. Hindi na siya nagsasalita kaya feeling ko nag-iisip siya. Medyo matagal-tagal bago siya nagsalita ulit na halos maka-ilang beses ko ng napag-desisyunan kung bubuksan ko na ba ang kahon o hindi muna.

**"Tagal..."** Bulong ko na sinadya kong iparinig sa kaniya.

**"Tingin ko naman..."** Panimula niya kaya umayos ako ng upo. **"Hindi."**

Napangiti naman ako sa sinabi niya. Mas may tiwala ako sa kutob niya kaysa sa kutob ni Kuya.

**"Basta hindi si Keifer magiging boyfriend mo."** Dagdag niya na nagpawala ng ngiti ko at kinatawa naman niya.

**"Seryoso ka dyan?"** Sarcastic na tanong ko.

Umiling siya. **"May instinct are usually base on human's personality and of course, the common logic around it."**

*Wow. Wala ako maintindihan. Ang hirap maging shunga.*

**"Anong gusto mong iparating?"**

**"Base on Keifer's personality. Kapag naging kayo, hindi na siya papayag na mawala ka. Kaya buntis at kasal agad."** Paliwanag niya.

May point siya dyan. Sa ugali ng tukmol na Hari ng mga Demunyung Ulupong, malabo pa sa tubig na may sabon na hindi niya gawin ang bagay na yon. Kasi nga tarantado siya.

**"Paano kung hindi maging kami ni Kei—*kwanan*? Paano kung sa ibang lalaki?"**

Nangunot ang noo niya. **"Kei—what?"**

**"*Kwanan*."**

Mas lalong nangunot ang noo niya at napanganga na rin. Halatang hindi makuha ang sinasabi ko.

**"What does it mean?"** Tanong niya.

**"Isa yong pang-halip na salita."** Biglang singit ni Ci-N habang nakataas pa ang isang daliri na akala mo ay taga-bigay ng trivia. **"Ito ay madalas ipinang-hahalip sa ngalan ng isang tao, bagay o hayop. Halimbawa; Mabaho ang hininga ni *kwanan.* Na ang tinutukoy ay si Calix—."**

Hindi na niya natuloy pinapaliwanag dahil may tumamang notebook sa ulo niya. Solid ang pagkaka-tama na halatang siya talaga ang asinta.

**"Aray."** Pabulong niyang sabi habang kinakamot ang parte ng ulo niya na tinamaan.

**"Kuha ko na."** Sabi ni David habang napapa-ngiti. **"What's with the pronoun?"**

**"Wala lang."** Sagot ko habang pinaglalaruan ang ribbon sa kahon.

Narinig ko ang mahina niyang tawa kaya inirapan ko nalang siya. Lumalayo na ang usapan namin. Dapat dito lang, mukang nakalabas na ng room.

**"Yung tinatanong ko?"**

**"Hindi ka mabubuntis."** Mabilis niyang sagot na agad na nagpaliwanag ng muka ko. **"Lalo na kung ako magiging boyfriend mo."**

Mabilis ko siyang tinignan ng masama. Ang seryoso ng usapan namin pero eto siya at naka-isip na naman ng kalokohan. Sumilay ang pilyong ngiti niya.

**"Sapakin kaya kita?"** Sarkastikong tanong ko.

Pagtawa lang naman ang naging sagot niya. Bigla nalang lumitaw si Ci-N sa harap namin. Nanlalaki pa ang mga mata niya habang nagpapabalik-balik ng tingin samin ni David.

*Parang alam ko na ang kasunod.*

**"Keifer!SiDabidPinopormahanSiJay-jay!"** Mabilis niyang sigaw na halos hindi ko na naintindihan ang mga salita.

Basta nagsumbong siya sa Hari nila. Halos sabay pa kami ni David na lumingon. Nakataas ang isang kilay niya habang nakatingin samin ng masama. Sinalubong ko din siya ng salubong ang kilay.

Ano naman kung mag-jowa ako? Siya nga, palagay ko maraming babae sa London. Hindi malabo yon. Ayaw lang talaga aminin sakin ni Honey nung kina-musta ko ang Hari ng mga Ulupong sa kaniya.

*Kutob ko lang.*

Naisapan kong gantihan ang pambu-bwisit sakin ng pesteng Kei—*kwanan* na to. Gusto din malaman kung anong magiging reaksyon niya. Gusto ko ding malaman kung ano bang totoo.

Hinarap ko si David at hinawakan ang mag-kabilang pisngi. Literal na nanlaki ang mga mata niya sa pag-kabigla.

**"Sige, ikaw nalang boyfriend ko basta hindi ako mabu-buntis ng maaga."** Sabi ko at napa-kurap-kurap siya.

"*Sagot ko na kape.*"

"*Maraming tinapay samin.*"

"*Cremation nalang, malamang hindi na rin makikilala muka niya kung ibu-burol pa.*"

Dinig kong pinag-uusapan ng mga Ulupong. Alam ko namang nanu-nuod sila at hindi rin iba sakin ang topic nila. Usapang pang-patay!

**"Ano? Payag ka?"** Seryosong tanong ko kay David.

Kita ko ang paglunok niya. Buo-buo na din ang pawis niya sa muka na akala mo buhay ang nakataya sa sagot niya.

**"Hello? This is Keifer Watson."** Dinig kong sabi ng Hari ng mga Ulupong. **"I would like to speak to the Head of Braselton Family."**

*Braselton Family? Pamilya niya?*

Bigla nalang tinanggal ni David ang mga kamay ko sa muka niya. Para akong nagkaroon ng nakakahawang sakit. Muntik na ko mag-mura kundi ko lang napansin ang pamumutla niya.

**"I value our friendship, but I don't wanna die early."** Sabi niya at bigla nalang tumayo dala ang cellphone.

Halos patakbo siyang naglakad palabas habang may tinatawagan sa cellphone niya. Napa-kurap-kurap nalang ako habang sinusundan siya ng tingin.

*Anyare?*

**"Thank you. Maybe some other times."** Sabi ng pesteng, bwisit na demunyung Kei—*kwanan* na nasa tabi ko na pala.

Pasimple ko siyang nilingon. Meron siyang pinindot sa cellphone bago ilagay yon sa bulsa.

Bahagya siyang yumuko palapit sakin. **"I never said you're allowed to look for a new boyfriend."**

**"Sino ka para hingan ko ng permiso?"**

Mas lumapit pa siya kaya napalayo na ko. **"Remember? Before I leave, I marked you."**

Napakurap-kurap nalang ako. Wala akong maintindihan sa sinabi niya. Anong marked? Di ba siya yon? Mark *Kwunan.*

**"Wala akong maintindihan sa sinasabi mo."**

Ngumisi na naman siya ng mayabang. **"Would you like me to refresh your memory?"** Tanong niya at nilapit ang labi sakin.

Mabilis akong lumayo pero naging dahilan yon para malaglag ako sa upuan. Lagapak ang balakang ko habang naiwan ang isang binti sa bangkuan.

**"Hayop... Ang sakit."** Sabi ko habang unti-unting bumabangon pero napatigil ako dahil sa pagsipol ng kung sino.

**"Such a wonderful view."** Sabi ng lintik na tanginang, kumag na tukmol na animal na hudas na pesteng demunyung Hari ng mga Ulupong habang nakalahad ang kamay sakin para sana tulungan ako.

Nakalantad ang mga hita ko sa kaniya. Maikli lang ang cycling shorts ko kaya kitang-kita ang makikinis—*yes naman, makikinis,* kong hita.

*Sulit ang hilod.*

Mabilis kong tinabig ang kamay niya at agad tumayo kahit kumi-kirot ang balakang ko. Inayos ko ang palda at damit ko bago siya iduro.

**"Bastos mo!"**

**"That's a compliment."** Sabi niya at sandaling pumikit na parang meron siyang naisip. **"I forgot, you're not use to compliment."** Sumilip na naman ang nakaka-inis niyang ngiti.

Parang may ugat sa ulo ko na malapit ng pumutok dahil sa galit sa kaniya. Agad kong inamba ang kamao ko para sapakin siya pero itinigil ko dahil alam kong iiwas siya. Kumuha nalang ako ng bangko at akmang ihahampas sa kaniya pero bigla nalang umawat ang mga ulupong.

"*Hoy! Jay!*"

"*Jay-jay!*"

"*Oy! Awat!*"

Halos sabay-sabay na sigaw nila habang palapit sakin. Mabilis na hinawakan ni Felix at Edrix ang bangko. Gumitna naman si Denzel at Eren. Niyakapa naman ako ni Ci-N mula sa likod.

**"Relax lang!"** Sigaw ni Felix habang pilit inaagaw ang bangko.

Wala pa sana anong planong magpa-pigil, kundi lang pumasok si Sir Alvin sa room. Kasunod niya si David na nagpupunas ng pawis.

**"Umayos na."** Bungad ni Sir na mukang wala sa mood makipag-biruan.

*Ako din wala sa mood. Sinumbong ako.*

Napilitan akong bumalik sa pwesto ko at ibigay sa mga Ulupong na to ang bangko. Nag-ayos muna si Sir para sa attendance. Saglit akong lumingon sa likod ng marinig ko ang mahinang tawa ng mga luko.

Napahinto ako ng kumindat sakin ang sira-ulong Kei—*kwanan.* Irap naman ang naging ganti ko sa kaniya. Umayos na ko ng upo at binalik ang tingin sa harap. Pero dahil agaw pansin ang kahon sa harap ko, hindi ko maiwasan na hindi isiping buksan. Kayalang baka magalit si Sir Alvin kaya tinabi ko nalang muna.

Nagsisimula na ang attendance ng biglang pumasok si Yuri sa pinto. Pawisan at gusot ang uniform. Nag-sorry siya kay Sir bago pumunta sa upuan niya.

Nginitian niya ko kaya ganun din ang ginawa ko pero hindi nakaligtas sakin ang bahid ng dugo sa panga niya. Nakasunod lang ako ng tingin. Balak ko sanang ituro sa kaniya ang dugo pero inunahan na ko Kei—*kwanan.*

*Anong nangyari?*

Hindi ko maiwasan na hindi kabahan. Alam kong hindi na naman siya magsasabi ng nangyayari sa kaniya. Habang tumatagal hindi na nagiging maganda ang kutob ko.

Kahit nagsimula na ang klase si Yuri pa rin ang nasa isip ko. At nang matapos magturo si Sir, siya pa rin ang inaalala ko.

**"Mariano."** Tawag ni Sir Alvin sakin.

**"P-po?"** Medyo gulat na sagot ko.

**"Kakausapin kita."** Sabi niya at naglakad palabas.

Nagtinginan kami ni Ci-N bago sumunod kay Sir Alvin. Pagdating sa labas, nakahinto na siya at halatang ako nalang ang hinihintay.

**"Bakit po?"**

**"Tulungan mong mag-review si Watson. Kuhanin mo nalang sa table ko ang ibang lesson—."**

**"Ayoko po!"** Mabilis kong tutol.

Talagang ako ang inu-utusan niya. Wala man lang '*pwede ba*'. Basta '*tulungan mo*' na agad ang sinabi.

*May balak to! May balak!*

Agad na nagsalubong ang mga kilay ni Sir. **"Inu-utusan kita."**

Umiling-iling ako kahit may pagbabanta sa boses niya. Handa naman ako sumunod, basta walang kinalaman sa kumag na yon.

**"Ayaw mo talaga?"** Tanong ulit niya.

Umiling ulit ako. Napabuntong hininga siya bago dukutin ang cellphone mula sa bulsa at mag-pi-pindot don. Dinikit niya ang hawak sa tenga at muntik na kong mapasigaw ng marinig ko ang pangalan ng tinawagan niya.

**"Angelo...oo. Eto kasing si Jay-jay. Ayaw sumunod sa inu-utos ko."** Sabi niya.

*Parang bata! Nagsumbong talaga!*

**"Ano sasabihin ko? Tatamaan siya sayo."** Sabi ni Sir habang nakatingin sakin. **"Meron siyang malakas na palatok."** Napahawak ako sa ulo. **"Aahitin mo ang kilay niya."** Napahawak ako sa kilay ko. **"Papaluin mo siya."** Napahawak ako sa pwet ko.

*Hala! May palo ng kasama.*

**"S-sir. Susunod n-na po ako."** Agaw ko sa atensyon niya.

Hindi nakaligtas sa mga mata ko ang pilyong ngiti niya na mabilis ding nawala.

**"Okay na Angelo. Ako na bahala."** Sabi niya bago patayin ang tawag at harapin ako. **"Kuhanin mo nalang sa faculty office, bago ka umuwi. Ikaw na bahala sa kaniya."**

Tipid na tango lang ang naisagot ko bago siya tuluyang umalis.

Kung nakikita ko lang ang muka ko, malamang namumula na ko sa galit.

**"Animal ka Watson!"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 324

**A/N:** Sasabhin ko Monday next week talaga yon. Kayalng baka magalit kayo. Hahaha. Enjoy!

Expect the typo.

**Island**

***Jay-jay's POV***

*Ulowl!*

Nag-iinit talaga ulo ko sa tarantadong lalaking to. Wag lang talaga siya bubungad sa harapan ko, hahabalusin ko siya ng lamesa.

**"Jay-jay, kalma lang."** Sabi ni Ci.

Nilingon ko siya ng hindi nagbabago ang expression ko. Siya naman ngayon ang napaiwas ng tingin dahil sa takot na mapagbuntunan ko.

**"Paano? Ako. Kakalma."** Pinandilatan ko siya mata. **"Turuan mo ko."**

**"Jay-jay naman ih."**

**"Turuan mo nga ako. Sasakmalin kita dyan."**

Napanguso naman siya habang nagkakamot ng tenga. Alam kong wala din siya maisip na paraan. Kahit ako din naman, hindi ko din alam kung paano ko papakalmahin ang sarili ko ng hindi nasasapak ang lalaking yon.

Napairap nalang ako ng wala akong marinig na sagot sa kaniya. Hinarap ko nalang ang kahon na tinabi ko kanina. Kating-kati na kong buksan to at makita ang laman.

Para sa akin man o hindi bubuksan ko pa rin. Baka sakaling mawala ang init ng ulo ko.

Binatak ko ang ribbon na kilay asul para malaya kong matanggal ang takip ng kahon. Nagtaka pa ko ng una dahil puro gupit-gupit na papel ang una kong nakita. Hanggang sa makita ko ng buo kung ano talaga ang nasa loob.

*Snorlax.*

Napangiti naman ako. Isang tasa na may disenyo ni Snorlax. Tinanggal ko yon sa kahon at tinignan ng mabuti. Kahit hindi to para sa akin, kukuhanin ko pa rin.

Effective naman, nawala ang init ng ulo ko. Napunta lahat ng atensyon ko kay Snorlax. Mukang meron na ulit silang bagong kapatid.

**"Tignan mo Ci!"** Pagyayabang ko kay Ci-N.

**"Ang cute."** Sabi niya at kinuha sa kamay ko. **"Kino-kolekta mo ba mga kauri mo?"**

*Parang bumalik init ng ulo ko.*

**"Ihampas ko kaya sa muka mo yan?"** Inis na tanong ko.

Tumawa lang naman siya bago ibalik sakin ang tasa. Si David naman ang nilingon ko para ipagmayabang sa kaniya ang nakuha ko pero tulog na naman ang luko.

Sarap niyang pitikin sa tenga habang tulog. Ano kaya talagang ginagawa nito sa gabi?

Hinayaan ko nalang siya at binalakan ang kahon na pinaglagyan ng tasa. Nagbabakasali na merong pangalan ng pinang-galingan pero wala naman. Kahit label ng company o manufacturer wala rin.

*Maraming salamat sa nagbigay.*

Binalik ko na ang tasa sa loob ng kahon bago isara at talian ulit ng ribbon. Nakangiti pa ko ng ilagay ko sa bag yon.

Pero nawala ang ngiti ko ng pumasok ang sunod na teacher at ipaalala sa kumag na tukmol na pesteng demunyung Kei—*kwanan*, na kailangan niyang maghabol ng lesson.

**"Sir Alvin already assigned someone to help me."** Sagot ng tukmol.

**"Sige. Pakisabi sa kaniya kuhanin ang mga lesson sa table ko mamaya."**

Gusto ko nalang lamunin ng lupa. Bakit ba kasi ako? Hindi naman ako matalino? Ako nga sa sarili ko, hirap na hirap na mag-aral tapos magtuturo pa ko sa iba!

**"Ikaw daw mag-review dyan."** Bulong ko kay Ci at tinuro ang Hari nila sa likod.

**"Hm?!"** Gulat na sagot niya. **"Bakit siya re-review-hin?"**

**"Maghahabol ng lesson."**

**"Si Yuri nalang. Mas masipag mag-turo yon."**

Sandali kong nilingon si Yuri na tahimik lang na binabasa ang notes niya. Maayos na ang itsura niya ngayon kumpara kanina.

*Kakausapin ko siya mamaya.*

Umayos na ko ng upo ng magsimula ang teacher. Sulat lang ako ng sulat kahit wala naman talaga akong naiintindihan. At hindi ko rin naman babasahin. Gusto ko lang talagang magsulat.

Hanggang sa matapos ang klase at magkaroon kami ng sandaling pahinga. Kinuha ko ang cellphone ko at tinext si Yuri.

**To:** *Pres. Yuri.*

**Message:** *tara sa labas. Usap tayo.*

Agad naman akong nakatanggap ng sagot sa kaniya.

**From:** *Pres. Yuri.*

**Message:** *sure.*

Binalik ko ang cellphone sa bag ko bago tumayo at maglakad palabas ng room. Medyo lumayo ako sa room para hindi kami mapansin ng mga tsismosong ulupong na yon.

Malapit na ko sa hagdan ng makita kong sumusunod si Yuri. Ngumiti siya sakin.

**"May problema ba?"** Bungad niya sakin.

Napalingon ako sa taas ng hagdan ng makarinig ng pagbukas ng pinto. Nakabukas ang pinto at kita ko ang labas. Mukang may tao sa rooftop.

**"Don tayo."** Aya ko at tumango naman siya.

Magkasunod kaming umakyat ng hagdan. Wala pa kami sa labas pero ramdam ko na agad ang malakas na hangin. Buti nalang at malulam ngayon.

Paglabas namin, wala naman akong nakitang tao. Mukang hinangin lang pabukas ang pinto.

**"Walang tao?"** Tanong niya at tumango naman ako. **"Tungkol saan ang pag-uusapan natin?"**

**"Sayo."**

Mukang nakuha niya ang ibig kong sabihin. Napayuko siya. Naiintindihan ko kung ayaw niyang pag-usapan pero hindi na maalis sakin ang pag-aalala.

**"Yuri—."**

**"Ayokong mag-alala ka. Marami ka ng problema. Kung dadagdag pa ko baka—."**

**"Hindi ka ibang tao sakin, Yuri."** Putol ko sa sasabihin niya. **"Andyan ka nung nangailangan ako, bakit ngayon na ikaw naman ang gusto mo wag ako makialam?"**

Tinignan niya ko na para bang pagod na pagod na siya. Tinanggal niya ang salamin niya at nabigla ako ng mag-simula siyang umiyak. Mabilis akong lumapit sa kaniya at hinawakan ang muka niya.

**"B-bakit? May nangyari ba?"** Nag-aalalang tanong ko.

**"I'm so tired."** Bulong niya at yumakap sakin habang patuloy sa pag-iyak.

Yumakap din ako sa kaniya habang pinapakinggan ang mahinang paghagulgol niya. Hindi ko na rin napigilang hindi maiyak. Parang napapasa sakin ang bigat ng nararamdaman niya. Umiyak na siya non sa harap ko pero hindi ganito.

**"Ayoko ng maging Hanamitchi."** Sabi niya na nagbigay sakin ng ideya sa problema niya.

Parang pinipiga ang puso ko. Ngayon ko lang nakitang hinang-hina si Yuri. Hindi man niya sabihin alam kong malaki ang laban na kinakaharap niya sa pamilya noon pa, simula pa lang sa Mama niya.

**"Iyak lang. Kung hindi kayang isigaw, iiyak muna."** Pilit kong pinapatatag ang loob ko kahit basag na basag ang boses ko.

Alam kong kaunti nalang iiyak na din ako pero ayoko namang mangyari yon. Ako lang ang pwedeng sandalan niya ngayon kung bibigay pa ko saan siya kakapit ng lakas.

**"They took my *Hahaoya* away."** Parang batang sumbong niya. **"My *Otosan* turn his back on me. And I'm no longer the heir of the clan."**

*Nawala na lahat.*

Napapikit ako ng marinig ang mga yon. Iniwan nila si Yuri ng ganun-ganun nalang. Nang walang kahit na anong kakapitan o makakasama sa tabi niya.

**"A-andito pa ko, Yuri. Hindi kita tatalikuran."** Sabi ko at mas hinigpitan pa ang yakap sa kaniya.

Patuloy pa rin siya hanggang may mahagip ang pangingin ko sa pinto. May taong nakatayo at nanonood samin.

Nang tignan kong mabuti, naging malinaw sakin kung sino siya. Wala siyang reaksyon habang nakatingin samin. Sandali siyang umiling bago tumingala at tumalikod. Hindi ko alam kung bakit ako nakakaramdam ng pangamba.

*Ano ngayon kung makita niya kami? Kung makita kami ng Hari ng mga Ulupong.*

Nagsimula na siyang maglakad. Gusto kong bitawan si Yuri at habulin siya. Sumisikip ang dibdib ko habang pinapanood siyang humakbang palayo. Pero wala naman akong magandang dahilan para gawin yon.

Naramdaman ko ang pagluwag ng yakap sakin ni Yuri kaya bumitaw na din ako. Pinunasan niya ang mga mata bago isuot ulit ang salamin. Pasimple ko ding pinunasan ang takas na luha ko.

**"I'm sorry. Hindi ko alam na iiyak ako. I have no one to talk to about it."** Sabi niya at huminga pa ng malalim.

**"Ayos lang. At least nalabas mo yung bigat ng nararamdaman mo."** Nagpilit ako ng ngiti. **"Kelan pa yan?"**

**"Almost a month now. At first it doesn't really affect me. Pero ng kuhanin na nila si *Hahaoya*, mas naging komplikado."** Mapait siyang ngumiti. **"Kung nagkataong engage pa rin tayo malamang na pati ikaw kinuha din nila. The cancellation is a blessing in disguise."**

*Muntik na pala ako.*

Ang komplikado talaga ng pamilya nila Yuri. Mula sa posisyon sa angkan. Hanggang sa lahi at pipiliing mapapangasawa. Pakiramdam ko tuloy hindi lang sila basta mayamang pamilya.

**"Pero bakit nila kinuha ang Nanay mo?"** Tanong ko na may pag-aalala.

Kahit naman hindi kami gaanong ayos ng Nanay niya, naging mabait pa din naman siya sakin. Alam kong mahal na mahal niya si Yuri, lalo na ng umiyak siya sa harap ko at maki-usap na piliin ko ang anak niya.

**"Remember when I told you that I take advantage of my situation in my family?"** Tanong niya at tumango naman ako. **"The whole clan had enough. Pinagtulungan nilang alisin ako sa listahan ng susunod na magmamana. Ginamit nila ang pagkakataon nung pinilit kong ikaw ang gusto kong mapangasawa."** Napabuntong hininga siya. **"Naghintay lang silang magkamali ako ulit."**

May kasalanan din ako. Ipinilit kong itigil na ang engagement. Malamang na yun na ang naging butas ng pagkakamali na hinihintay ng pamilya niya.

**"S-sorry—."**

**"Wala kang kasalanan. Masyado akong naging kampante dahil andyan si *Hahaoya*. She always find a way to save my ass."** Kita ko ang pagpatak ng luha niya. **"Pero hindi ko man lang siya mailigtas ngayong kailangan niya ko."**

Hinawakan ko ang kamay niya. **"H-hindi sa ganon. Hindi mo pa lang kaya ngayon, pero magagawa mo din. A-ano bang balak nila?"**

**"Somewhere in Japan, there's a hidden village that this world doesn't know. Pagma-may-ari yon ng angkan. Alam kong andon siya pero hindi nila ko pinapayagang makita siya."**

**"Hanggang kailan nila siya itatago sayo?"** Bakas ang takot sa boses ko.

Mahirap na wala siyang alam sa kalagayan ng Nanay niya. Pagkatapos ngayon, iisa lang siyang lumalaban.

**"Until, I bring honor to the family."**

Umiling siya na para bang napaka-hirap na bagay ang gagawin niya. Mukang matagal bago niya makita ang Nanay niya.

**"Sorry, wala akong magawa para matulungan ka."**

Umiling siya at ginamit ang isa niyang kamay para hawakan ang pisngi ko.

**"Staying by my side is enough."** Ngumiti siya at ginantihan ko naman.

Sabi ko na at mabigat ang problema niya. Nakakalungkot lang na tinalikuran siya ng Tatay niya at hinayaan siyang mag-isa. Ngayon pa na kailangang-kailangan niya ng katuwang.

Pakiramdam ko tuloy walang nag-aasikaso sa kaniya sa bahay. Kaya siguro minsan gusot ang uniform niya. Kapag may oras ako, pupuntahan ko siya sa kanila para malaman kung okay siya.

Nakarinig kami ng mabagal na palakpak na umagaw ng atensyon namin. Nang lingunin namin, mabagal na naglalakad at pumapalakpak si Freya.

*Ang aga naman mag-kulay ng muka.*

**"I feel sorry for you."** Walang tonong sabi niya habang nakatingin kay Yuri.

Bahagya akong hinatak ni Yuri at dinala sa likod niya. Naiintindihan ko ang kilos niya pero wala siyang dahilan para protektahan ako sa babaeng to. Ilang beses na ba kaming nagsabunutan nito?

**"Freya—."**

**"Bakit takot na takot?"** Mapang-asar na tanong niya kay Yuri. **"Alam ko na yan."**

*Alam ni Freya? Paano?*

Tinignan ko si Yuri sa pagbabakasali na may isagot siya sa sinabi ng coloring book na to. Pero nakatingin lang siya na para bang inaabangan ang sunod na hirit niya.

**"Ibang klase."**

Akala ko si Yuri pa rin ang kausap niya pero sa akin na siya nakatingin.

**"People are calling me flirt, slut or whore yet in reality..."** Ngumiti siya ng mayabang. **"I'm not alone."**

**"Tumigil ka na—."**

Agad niyang pinutol ang sasabihin ni Yuri. **"Anong pinag-kaiba namin!"** Sigaw niya na kinagulat ko. **"They're pointing their fingers on me, when in reality we're just the same! Pinagsasabay niya kayo!"**

*Anong nangyayari? Hindi ko maintindihan.*

**"FREYA!"** Galit na sigaw ni Yuri.

Kung nagulat ako kay Freya mas nagulat ako sa kaniya. Muntik na kong mapaiktad.

**"Masyado mong puring-puri yang babae mo!"**

**"Ano bang problema mo sakin?!"** Inis na tanong ko.

Hindi ko maintindihan kung saan galing ang hugot niyang galit. Alam kong noon pa kami hindi magka-sundo pero iba yata ang galit niya ngayon.

**"Marami! Ikaw lang bukod kay Ella ang malanding pinapaboran ng lahat!"** Pasigaw na sagot niya sakin. **"Akala ko hindi ka magiging problema sakin—."**

**"Hindi niya kasalanan kung hindi ka na binibigyang ng pera ni Keifer!"** Putol ni Yuri sa sasabihin pa niya.

*Alam nga niya.*

Kung anong kumirot sa puso ko. Binibigyan nga ni Kei—*kwanan* ng pera si Freya. Pero bakit? Para saan? O baka naman hindi totoo ang sinasabi ni Aries. Paano kung nagkikita pa rin sila at kapalit non ang binibigay niya.

Nagsisimula na namang maglaro ang imahinasyon ko. Hindi ko alam kung anong dapat kong isipin. Hindi ko mapigilan na balik-balikan ang usapan nila ni Aries.

**"You think this is all about his money? Fvck you!"** Lalong nagalit si Freya dahil sa sinabi ni Yuri. **"Dapat nga magpasalamat ka sa kaniya. Siya lang ang naging responsable sa inyo. Samatalang ikaw tong gabi—!"**

**"Shut up Freya!"**

**"—gabing tumatawag sakin!"**

Napabitaw ako kay Yuri. Nagkikita ba sila? Bakit niya kailangang tawagan si Freya. At gabi-gabi pa talaga.

Napatingin siya sakin dahil sa ginawa kong pagbitaw. Bakas ang takot sa muka niya.

**"Now you're afraid! Ako ang nasa tabi mo ng iwan ka ng Tatay mo pero ang babaeng yan pa rin ang gusto mo! Samantalang pinagsasabay niya kayo ni Keifer!"** Patuloy ni Freya pero hindi nakikinig si Yuri sa kaniya.

Nakatingin lang siya sakin na para bang sinasabi niya na wag akong makikinig sa sasabihin ng iba. Pero wala akong ibang reaksyon kundi puro pagtatanong.

**"At ikaw babae ka—!"**

**"TANG'NA! MANAHIMIK KA MUNA!"** Sigaw ko.

Lalo akong naguguluhan dahil sa kakatalak niya. Hindi pa nga nasasagot ko ang unang tanong tapos nadadagdagan pa.

Pero mukang ayaw talaga niyang paawat. Dahil sa sigaw ko mukang may pumitik na sa utak niya. Bigla nalang niya kong sinugod pero bago pa man niya ko maabot isang braso ang yumakap sa bewang niya.

**"Oy! Chill lang!"** Sabi ni Rory na siyang umawat kay Freya.

Kusunod niya si Edrix na matalim ang tingin kay Yuri.

**"Bitiwan mo ko!"** Nagsisimulang ng magwala si Freya.

Kita ko ang pilyong ngiti ni Rory bago harapin si Edrix. **"Rix, paki-awat mo nga tong si Friend."**

*Friend?*

Inirapan siya ni Edrix bago kami harapin ulit. Sakin siya tumingin.

**"Andyan na si Ma'am. Bumalik na daw kayo sabi ni Keifer."**

Hinawakan ko sa braso si Yuri para ayain siya. Mabuti nalang at nakuha niya ang ibig kong sabihin. Tumango siya sakin bago magsimulang maglakad.

**"Hindi ka rin pipiliin ng babaeng yan!"** Pahabol pa ni Freya bago kami tuluyang makalapit sa pinto.

**"Ingay! Edrix, halikan mo nga ng matahimik!"** Sabi ni Rory.

**"Fvck you!"** Sigaw ni Freya sa kaniya.

**"Gusto ni Edrix yan!"**

**"Tangina! Rory!"**

Hindi ko na naintindihan ang mga sunod na sagutan nila. Lalo ng tumawa ng malakas si Rory at halatang nang-aasar.

Bumitaw na ko kay Yuri ng makarating kami sa floor ng room namin. Hindi ako nagsasalita dahil hindi ko alam kung anong dapat itanong pero gusto kong marinig ang sasabihin niya. Huminto ako at ganun din ang ginawa niya.

**"Jay, please."** Paki-usap niya.

Gusto kong malinawan pero mukang stress na stress na siya. Napapabuga ako ng hangin bago tumango sa kaniya.

**"Sige, mamaya natin pag-usapan."**

Para siyang nakahinga ng maluwag sa sinabi ko. Bumalik na kami sa room at halos lahat ng mata ng mga Ulupong ay nakasunod samin.

*Matanggal sana mata niyo.*

Pag-upo ko, halos mabali ang leeg ni Ci sa pagsunod ng tingin kay Yuri. Nanlalaki pa ang butas ng ilong niya ng harapin niya ko.

**"Saan kayo galing?"** Nang-aakusa niyang tanong.

**"Rooftop."** Sagot ko ng hindi siya tinitignan.

Humawak siya sa dibdib at eksahiradang umarteng nagulat.

**"Tagpuan yon ng mga naglalampungan."**

Napataas ang isang kilay ko habang dahan-dahan siyang nililingon.

*Tamang hinala na naman!*

**"Anong gusto mong sabihin?"**

**"Ano ginawa niyo ni Yuri? Nagtataksil ka kay Keifer."**

Nambintang na nga. At anong nagtataksil? Wala akong pinagtataksilan. Wala naman akong boyfriend.

**"Kami ba?"** Tanong ko habang nakataas ang isang kilay.

Ginaya niya ang aksyon ko. **"Ayaw mo ba?"**

Mabilis kong tinaas ang palad ko para batukan siya. Mabilis din siyang yumuko at hinarang ang  and braso.

*Pang-asar tong batang to!*

Mabuti nalang at tumigil din siya ng magsimula na ang teacher namin. Halos buong klase akong lutang dahil sa mga sinabi ni Freya kanina sa rooftop. Maging sa sumunod naming klase hindi pa rin nawawala sa isip ko ang mga bagay na yon.

Hindi ko namalayan na natapos na ang klase kundi ko pa narinig ang bell na nag-papa-alala ng oras. Lunch break na.

Tatayo na sana ako para bumili sa canteen ng pumasok ang Felix kasunod ang mga delivery.

*PIZZA!!*

May pa-spaghetti, fried chicken, nuggets, chicken fillet, lasagna at kung ano-ano pang malakas makaputok ng batok at makalaki ng tyan.

**"Wag ka kakain. Taksil ka."** Sabi ni Ci na kina-inis ko.

Pero wala namang problema don. Wala din naman akong balak kumain dito. Kahit parang tinatawag ako ng pizza, ng manok at ng lasagna.

Napilitan akong tumalikod at ayusin ang gamit ko. Kahit masakit sa damdamain, tatanggapin ko nalang na hindi talaga pwede.

Pero natapos ang dilema ko ng may magbaba ng isang kahon ng pizza sa harap ko. Kulang nalang tumalon ako sa tuwa kung hindi ko lang nakita kung sino ang may gawa.

**"Ano yan?"** Medyo inis na tanong ko.

**"Your lunch."** Sagot naman ng Hari ng mga Ulupong.

Handa na sana akong bumwelta ng bigla nalang umakbay si Rory sakin habang binubuksan ang box ng pizza.

**"Alam mo Jay-jay, kumain ka nalang."** Sabi niya sabay lapit ng pizza sa bibig ko.

**"Bitiwan mo—!"** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa pagsalampak ng pizza sa bibig ko.

**"Sarap di ba? Hala! Lamon!"** Mapang-asar niyang sabi.

*Tangina ka Rory!*

Ginawa ko nalang dahil halos lahat ng mga Ulupong inaasar na ko. Para lang wala na sila masabi, kumain nalang ako.

Wala din naman akong ganang makipag-sagutan sa kanila. Lalo na't naglalaro pa rin sa isip ko an mga nangyari. Hindi mawala sa isip ko na baka si Yuri nga talaga ang sinasabi ni Aries na kinababaliwan ni Freya.

*Paano nga kung siya?*

Yun ang pa-ulit-ulit na naglalakbay sa isip ko. Hanggang sa matapos ang panghalian at ang buong klase sa hapon. Wala ako sa sarili ko habang nag-aayos ng gamit.

**"Jay! Pinapa-tawag ka ni Sir Alvin sa faculty!"** Sigaw ni Calix.

*Bakit na naman kaya?*

Napansin kong nakatingin sakin si Kei—*kwanan*, napa-irap nalang ako bago siya talikuran at maglakad papunta sa faculty. Mabuti nalang talaga at hindi siya nang-asar pa. Baka maubos na talaga ang enerhiya ko.

O baka naman apektado siyang nakita niya kami ni Yuri? O mas tamang wag mag-assume.

Pagdating ko sa faculty, may mga papel nakapatong sa ibabaw ng table ni Sir. Meron pa siyang pino-photocopy at nilalagay sa ibabaw non.

**"Mariano, eto ang mga lecture na bigay ng ibang teacher para kay Watson. Ikaw na bahala."** Sabi ni Sir at inabot sakin lahat ng papel.

Mabilis kong niyakap yon ng muntik ng magkalaglag. Hindi pa man ako nakaka-pag-reklamo naka-alis na kaagd si Sir. Muka akong ewan na tinitignan ng ibang teacher.

Nag-paalam nalang ako bilang pag-galang at lumabas ng ng faculty room. Gusto kong isabog ang mga papel dahil sa galit.

*Bakit ba kasi ako pa?! Baka mas matalino siya sakin!*

Wala ako sa sarili habang naglalakad papuntang parking. Hindi ko talaga alam kung saan ako pupunta kaya inisip ko nalang na umuwi na. Napatigil ako ng umaandar paatras ang pamilyar na maganda, bongga at mamahaling kotse sa harap ko. Tumapat ang pinto non sa harap ko bago huminto.

Bumaba ang bintana kaya sinilip ko kung sinong sakay.

*Tangina nga naman!*

Syempre! Sino pa nga naman ba ang mag-mamay-ari. Lumapit ako don at pilit siniksik ang mga papel papasok ng kotse niya.

**"Ayan! Pag-aralan mo daw!"** Inis na sabi ko.

Bigla nalang niyang kinuha ang cellphone at may tinawagan.

**"Angelo..."** Nanlaki ang mga mata ko. **"Sir Alvin would like me to inform you that Jay-jay is disobeying him again."**

*Anak ng Ulupong.*

**"Hoy! Naman!"** Inis na sigaw ko.

Binaba niya ang cellphone niya at siya namang pag-vibrate ng cellphone ko sa bag. Agad kong kinuha yon at halos mabitawan ko ng makita ko ang pangalan ni Kuya.

Nanginginig pa ko ng sagutin yon. **"K-kuya..."**

**["*Wag kang uuwi dito hangga't hindi mo tapos ang pinapagawa sayo!*"]** Galit na sabi niya.

**"Teka lang! Alam mo ba pinapaga—?"** Namatay na ang tawag.

*Pinagkaka-isahan talaga ako!*

Malamang na hindi alam ni Kuya ang pinapagawa sakin. Hindi siya papayag na magkasama kami nitong Hari ng mga Demunyung Ulupong.

Tinignan ko agad siya ng masama. **"Punyeta ka! Kapag ako hindi naka-uwi!"**

**"Tss..."** Dinig kong sagot niya bago isara ang bintana at marinig ko ang pag-click ng pinto sa tapat ko.

Hindi ko alam kung anong dapat kong gawin kaya binuksan ko nalang ang pinto.

**"Ano ba?!"**

**"Hop in."** Utos niya.

Kesa naman hindi ako makauwi. Napilitan akong sumakay. Inayos ko pa ang mga papel bago maikabit ang seatbelt.

**"Sandali lang tayo! Kingina ka!"**

Kita ko ang pagsilay ng ngiti sa labi niya. Pinilit niyang takpan yon pero halata naman. Masama talaga kutob ko dito.

Nagsimula na siyang magmaneho papunta sa kung saan. Pinili kong tumingin sa labas at wala rin naman akong balak kausapin siya.

May isang oras na siguro kaming nasa byahe nang mapansin kong hindi pamilyar ang binabaybay naming lugar. Magtatanong na sana ako ng isang bote ng tubig ang humarang sa muka ko.

**"Here. Drink."** Sabi niya habang inaabot sakin ang bote ng tubig.

**"Hindi nauuhaw—."**

**"Just drink."** Pagpipilit niya.

Nagsisimula na talaga kong mayamot sa muka niya. Ininom ko nalang para lang lumamig ang ulo ko. Parang gusto ko tuloy ibuhos sa kaniya ang tubig.

Matapos uminom napansin ko na parang may lumulutang sa tubig.

**"Madumi ang tubig."** Reklamo ko at binalik sa kaniya ang bote.

Kinuha naman niya pero ibinaba lang niya sa pagitan ng upuan namin.

**"It's not."**

**"Powta ka! Pag-ako na-amiba—!"** Napahikab ako. **"—Tatampalin kita!"**

Alam kong puyat ako kagabi pero hindi naman sobrang puyat para mapahikab ako at unti-unting makaramdam ng antok. Sinandal ko ang likod ko at pati ang ulo. Bakit parang ang bumibigat ang katawan ko?

*Nakaka-antok sa kotse niya.*

Hindi ko alam kung bakit pero nakatulog nga ako ng hindi ko namamalayan.

Hindi ko alam kung gaano katagal pero nagising ako dahil sa ingay ng wind chime at ingay ng alon. Malambot ang kama kaya binalak ko pang matulog ulit.

*Teka lang? Alon?*

Napadilat ako ng tuluyan at muntik pang tumalon sa kama. Nakita ko ng maayos at buo ang paligid ko.

*Kaninong kwarto to?*

Agad kong tinignan ang damit ko. Buo pa naman! Hinanap ko ang gamit ko pero wala sa paligid ko. Napabangon na ko para maghanap pero mabilis na naagaw ng bintana ang pansin ko.

Malakas-lakas ang hangin at maingay nga talaga ang alon. Nagsisimula na ang paglubog ng araw. At ng sumilip ako sa labas.

*Tangina! TANGINA TALAGA!*

BAKIT AKO NASA DAGAT?!

*OceanofPDF.com*

# Chapter 325

**A/N:** WARNING!

WARNING lang. Gusto ko lang ilagay. Hehe

**450,000**

***Jay-jay's POV***

*Isa tong panaginip....bangungot.*

Nanlalaki pa ang mga mata ko habang pasimpleng nakasilip sa bintana ng kwartong pinag-gisingan ko. Sabog-sabog ang buhok at may panis na laway pa. Pero hindi yon ang inaalala ko.

*Ayun ang salarin.*

Palakad-lakad sa dalampasigan ang walang-hiya. Lumakas sana ang alon tapos tangayin siyang hayop siya!

*Ay lumingon!*

Agad akong nagtago sa gilid ng bintana. Hindi niya pwedeng malaman na gising na ko. Umikot ako at niligid ang paningin sa buong kwarto. Nagbaba-kasali na may telephone na pwede kong magamit o kaya makita ko ang gamit ko.

Pero maganda ang kwarto, gawa sa kawayan ang pader at punong kahoy naman ang sahig. Hindi ko nga lang alam kung tunay ba o design lang. May ceiling fan pero parang hindi na kailangan dahil malakas ang hangin na pumapasok mula sa bintana.

Dalawa ang pinto sa loob, malamang na palabas ang isa at banyo naman siguro ang isa. Parehong gawa sa kawayan pero mukang matibay naman.

Halos mapatalon ako ng makita ko ang bag ko sa lamesang gawa din sa kawayan. Mabilis kong nilapitan yon at hinalungkat. Sinabog ko na ang mga gamit para lang mabilis na makita ang cellphone ko pero nanlumo ako ng wala akong makuha.

*Shutanginamers!*

**"Napaka-walang-hiya mo!"** Ipit na sigaw ko.

Planado talaga to! Kasabwat si Sir Alvin dito. At pasasabugin ko ang mga bulkan kapag nalaman kong kasabwat din si Kuya Angelo.

Hindi to magagawa sakin ni Kuya. Like *nevah!*

Kailangan kong maka-alis dito ng hindi napapansin ng hayop na Kei—*kwanan* na yon. Sigurado naman akong may malapit na kabahayan dito at don ako makikitawag.

Kinuha ko ang bag ko at hinanap ang sapatos ko. Nakita ko naman yon malapit sa kama pero wala ang mga medyas ko.

*Magka-iba na nga, nawala pa.*

Hinayaan ko nalang. Binitbit ko nalang lahat ng gamit ko at mamaya ko nalang susuotin ang sapatos. Pwede naman mag-paa sa buhanginan.

Lumapit ako sa pinto at dahan-dahang binuksan yon. Sandali akong sumilip para masiguro na walang ibang tao na makaka-kita sakin. Ng masiguro kong wala dahan-dahan akong lumabas.

Bumungad sakin ang may kaliitang balkonahe sa loob ng bahay na siyang kinatatayuan ko. Mataas ang kisame at maraming salamin na bintana pero kawayan naman ang mga pader. At ang mga haligi, halatang mamahaling punong kahoy.

*Sa ganyan masarap iuntog si Kei—kwanan.*

Pasimple akong sumilip sa ibaba. Nang walang makitang tao, mabilis pero walang ingay akong bumaba ng hagdan. At dahil malaki ang pintuan na saktong nakabukas, kitang-kita ko ang walang-hiya habang palakad-lakad at pasipa-sipa sa buhanginan. Hindi ako pwedeng dumaan sa harap ng bahay.

Kinuha ko ang pagkakataon at naglakad diretong kusina. Nagbabakasaling may pagkain—*charot!* Titignan ko lang kung may pintong pwedeng daanan palabas ng bahay. Napangiti naman ako ng makitang may nakabukas ng pinto. Pero bago ako lumapit don, binuksan ko muna ang refrigerator.

*Hmpf! Puro frozen goods.*

**"Double door pa man din."** Bulong ko at sinara nalang ang ref.

Tinuloy ko na ang balak kong pagtakas. Halos magtatalon ako sa tuwa ng makalabas ako at makalakad palayo ng hindi napapansin ng Hari ng mga Ulupong. Ilang beses ko siyang nilingon at ganun pa rin ang ginagawa niya.

Patuloy ako sa paglalakad hanggang sa hindi ko na matanaw ang bahay at ang hudas. Sa kasamaang palad dahil sa init ng buhangin maka-ilang beses akong huminto para lang isuot ang sapatos ko, tapos huhubarin ko din dahil naghahakot ng buhangin.

Mabuti nalang at hapon na dahil malawak na ang parte na may lilim. Salamat sa bundok na bato na siyang humaharang sa init ng araw.

Alam kong sandali pa lang akong naglalakad, pero dahil sa init mabilis akong mapagod at mauhaw. Napatingala ako sa harap ng puno ng niyog. Hindi kataasan pero hindi din mababa. Ang dami bunga sa taas.

*Pantawid uhaw lang oh!*

Umaakyat ako ng puno dati. Pero hindi pa ko nakaka-akyat sa puno ng niyog. Kasi paano ka aakyat dito? Walang sanga na kakapitan.

Pero dahil sa uhaw, susubukan ko pa rin. Binaba ko ang bag ko at ang sapatos. Tumingala pa ko sandali bago simulang umakyat. Nakatungtong ako sa malapad na parte ng puno. Pero nangsubukan ko ng ihakbang ang paa ko paakyat—wala na! Hanggang dun nalang.

Nag-isip pa ko sandali kung paano ba ang magandang teknik. Niyakap ko ang puno at sinubukang umakyat pagapang. Napatawa naman ako ng umusad ako paakyat.

Pero hindi pa man ako nakakalayo ng maramdaman kong dumudulas ako pababa.

**"Ayyy.... Waaagg!"** Pagmamaka-awa ko sa puno.

Dumudulas talaga ako pababa. Sinubukan ko pang yumakap ng mahigpit pero dumudulas pa rin ako. Hanggang sa dinggin ng puno ang pagsusumamo ko. May kamay na sumalo sa pwet—*tangina!*

**"HAYOP! BAKIT MO KO HINAHAWAKAN?! WAG MO KONG HAWAKAN DYAN!"** Sigaw ko habang pilit nililingon ang demunyu.

**"Do you really want me to let go?"**

Parang may sumuntok sa puso ko. Napayakap ako ng mas mahigpit sa puno kasunod ng sunod-sunod na pagmumura ko sa isip ko.

*Kwanan.*

**"You know, I can do this all day."** Sabi pa niya at ramdam ko ang pang-aasar sa tono niya.

*Hayop! Hayop! Hayop!*

**"B-bitiwan mo ko! Sasamain ka sakin!"** Banta ko.

**"I can't. But you can let go, I'm ready to catch you."**

*Catch you! Catch you! Ulowl!*

**"Ayoko! Lumayas ka dyan! At alisin mo yang kamay mo sa pwet ko!"**

Dinig ko ang mahina niyang pagtawa. Inalis ko ang isang kamay ko sa pagkakayakap at pilit hinahampas ang kamay niya sa pang-upo ko pero agad ko din binalik dahil sa unti-unting pagkahulog.

**"If I let you go, you'll fall on the ground."** Sabi niya na akala mo nagpapaliwanag ng masamang mangyayari.

**"Wala akong pake! Kahit mabalian ako!"**

Dinig ko ang mahina niyang buntong hininga. **"Okay, you ask for it."**

Inalis niya ang kamay sa pang-upo ko at halos malagutan ako ng hininga ng tuluyan akong malaglag mula sa pwesto ko. Napabitaw ako sa pagkakayakap at dire-diretsong napahiga sa buhanginan.

**"Aray! Kingina!"**

*Catch you daw! Gago!*

Hawak ko ang balakang ko habang dahan-dahang tumatayo. Tinignan ko ng masama ang walang-hiyang mukang masaya na makita akong nahihirapan.

**"Sabi mo sasaluhin mo ko!"**

Tinignan niya ko na puno ng pagtataka. **"You said, you don't want me to."**

**"Oo nga! Pero kung gusto mo talaga akong tulungan kahit ilang beses akong umayaw, tutulong ka pa rin!"** Sigaw ko sa kaniya. **"Paasa ka!"**

Nangunot ng tuluyan ang noo niya. Para bang katanungang walang kasagutan ang mga sinabi ko sa kaniya.

*Isipin mong mabuti!*

**"Is that a reverse psychology?"** Tanong pa niya. **"Wow. Woman and their logic."**

Hindi ko na inintindi ang mga sinasabi niya. Nilapitan ko nalang ang gamit ko at ng makuha ko ang sapatos ko agad kong binato yon sa kaniya.

**"Hey!"** Sigaw niya bago umilag.

At dahil sa pag-ilag niya, dumiretso sa dagat ang sapatos ko.

Napasigaw ako ng malakas. **"Bakit ka umilag?!"**

**"You just throw a shoe on me!"** Inis na sagot niya.

Malapit na kong maubusan ng dugo sa kaka-english niya. Lalo lang akong naiinis sa kaniya. Bwisit na nga ang gwap—ang muka niya! Bwisit na nga ang muka niya!

**"Sana sinalo mo nalang!"**

**"Using what? My face?"** Sarcastic na sagot niya.

**"Nakakasalo ang muka? Congrats kung magawa mo!"** Sagot ko naman sa kaniya.

Padabog akong lumakad palapit sa tubig. Mabuti nalang at hindi kalayuan ang narating ng sapatos ko. Dahan-dahan akong sumulong at inabot ang sapatos ko. Pagharap ko sa hayop na tanginang Ulupong parang gusto ko ulit ibato ang sapatos na hawak ko.

*Lakas maka-punyeta ng pagmumuka.*

**"Tangina ka, alam mo yun?"** Inis na tanong ko habang naglalakad palapit.

Saktong kinukuha niya ang gamit ko ng marinig yon sakin. Humarap siya at para bang na-offend siya sa mga sinabi ko.

Napabuntong hininga siya. Hindi ko maiwasan hindi makaramdam ng pagka-pahiya sa sinabi ko. Pero bakit ako mapapahiya? Deserve niya yan. Gago siya!

**"On daily basis, how many times do you curse?"** Seryosong tanong niya.

**"Dipende. Kapag naalala kita, 100x a day."** Nakangiting sagot ko.

Sumilay ang mayabang na ngiti sa labi niya. **"I've been gone for—let say—about 45 days. Obviously, you're thinking of me like everyday for the past 45 days."** Paliwanag niya.

*Kapal din.*

Hindi ko naman siya araw-araw naiisip. Kapag ano lang, gabi-gabi lang. Tapos iiyak ako, tapos mumurahin ko siya, tapos iiyak ulit ako, tapos hahanapin ko siya at pauuwiin, tapos iiyak ulit, tapos magagalit at hindi na siya pauuwiin. Mga ganung pangyayari lang kapag naiisip ko siya.

**"Minsan nga higit pa sa 100. Lalo kapag naalala ko kalokohan mong hayop ka."** Inis akong tumawa. **"Nakaka-1000 siguro ako."**

**"So for the last 45 days, you curse around 450, 000 in total."** Unti-unting gumalaw ang labi niya at nauwi sa pag-ngiti na para bang namamangha siya. **"Then if I add those curses that I directly heard from you and Ci-N, Felix and the others reported at me. Estimated, 450, 347."**

Nangunot ang noo ko. Anong reported? Bakit nila nire-report ang pagmumura ko? Anong meron sa pagmumura ko?

**"Anong meron? Bakit mo binibilang?"**

Mas lumapad ang ngiti ng walanghiya. At mas lalo namang nangunot ang noo ko.

**"Pro..."** Panimula niya at bigla kong naalala ang malinaw at tunay na dahilan. **"...fa..."** Nanlalaki ang mga mata ko sa kaniya habang pasimpleng umiiling. **"...ni..."** Kusang humakbang paatras ang paa ko at sumulong naman siya. **"...ty."**

*Ulowl!*

Akmang lalapit siya ng iamba ko ulit ang sapatos ko. Nakaturo din sa kaniya ang isang daliri ko habang tinitignan siya na may pagbabanta.

**"S-sige! Subukan mo!"**

**"I will definitely try."** Pagyayabang niya.

Umatras ulit ako ng akmang lalapit siya.

**"B-bakit ako makikinig sa *propanite* mo na yan? Matapos mo kong lokohin!"** Matapang kong sabi.

**"Our deal with your curses is a different thing."** Sagot niya at naglakad palapit.

Agad kong binato ang sapatos sa kaniya. Hindi ko na pinansin kung tumama ba o hindi dahil agad akong tumakbo palayo. Hindi ko alintana kung mainit ang buhangin, ang uhaw ko at higit sa lahat ang pagod ko makatakbo lang palayo sa kaniya.

*Paano ba ko napunta dito?*

**"Lumayo ka sakin!"** Sigaw ko ng maramdaman ko ang pagsunod niya.

**"I'm not gonna hurt you!"** Sigaw niya na mas nagpakaba sakin.

Pakiramdam ko malapit lang siya sakin at ano mang oras maaabot na niya ko. Mas binilisan ko pa ang pagtakbo kahit wala naman talaga akong eksaktong direksyon. Nalagpasan na namin ang bahay na pinang-galingan ko kanina.

*Wala bang ibang tao sa lugar na to!*

**"Walang hiya ka! Isusumbong kita kay Kuya Angelo! Kingina ka!"**

**"450, 348!"** Sigaw niya.

**"Ulowl!"**

**"450, 349!"**

**"Tangina! Tumigil ka sa kabibilang!"**

**"...350!"**

*Apaka gago talaga!*

Hindi na ko nagsalita pa ang baka lalo lang madagdagan ang bilang ng hayop. Nagsisimula ng manakit ang talampakan ko pero hindi ako pwedeng huminto.

Hanggang sa matanaw ko ang patutunguhan ko. Wala ng dalampasigan. Nahaharangan na ng bundok na bato ang dadaanan ko. Ang masakit pa, hanggang katubigan ang haba ng batuhan kaya wala na kong ibang dadaanan.

*Hindi ako pwedeng maabutan ng hayop!*

Wala akong ibang nagawa kundi ang lumiko at umakyat sa pinaka-malapit na puno na nakita ko. Salamat sa malalaking sanga kaya nakarating ako sa pinaka-taas.

**"Jay! That's dangerous! Get down here!"** Sigaw sakin ng pesteng Hari ng mga Ulupong.

Nang tignan ko siya, nakapamewang pa siya habang nakatingala sa pwesto ko.

**"Mas delikado kapag nalapit ako sayo!"** Sagot ko.

**"Come—!"**

**"Punyeta! Magtagalog ka nga! Hirap na hirap na bukabularyo ko sayo!"**

Napabuntong hininga siya. **"Baba na."** Mahinahon niyang sabi. **"450, 351."**

Nagsisimula ng dumilim. Kahit gusto ko ng bumaba, mas mabuting dito nalang ako. Baka magkatotoo sinabi ni David. Dito na ko matutulog, dito na ko titira kung kailangan para lang maka-iwas sa animal na to.

**"Ayoko! Alam ko na gagawin mo!"**

**"Come on. Delikado dito. It's getting dark."** Malumanay na ang pagsasalita niya na para bang kumaka-usap siya ng bata.

**"Delikado pala, bakit mo ko dinala dito?"**

**"That's the purpose of villa. It's safer there."**

Mahigpit ang kapit ko sa sanga ng puno. Ayokong bumaba. Kasihodang dito na ko mabulok. Kahit maging parte na ko ng puno, okay lang.

**"Sira ulo mo! Alam ba ni Kuya Angelo to?"**

**"Well..."** Napangiwi siya kasunod ng paghimas ng batok. **"Sort of."**

*Anak nang...*

**"Anong sort of? Tarantado ka!"** Galit na sigaw ko sa kaniya.

**"He knows that your helping me. But he doesn't know that your not..."** Sinadya niyang hindi iparinig sakin ang huling sinabi niya.

**"Ano? Ano? Ano? Linawin mo!"**

Tumingala siya at inosenteng ngumiti. **"That your not coming home tonight."**

*Tanginames.*

Sa sobrang galit ko sa sinabi niya, pumutol ako ng sanga malapit sakin at binato sa kaniya. Kayalang nakaiwas ang walang hiya.

**"Napaka-gago mo! Hayop!"** Sigaw ko at sa hindi ko maintindihan ma dahilan naiyak nalang ako dahil sa sobrang galit. **"Waaahhhh!! Tangina ka talaga!"**

**"Oh no! Stop crying baby! You look like a chimpanzee on that tree!"** Sabi niya habang natatawa.

*Nang-lait pa ang tarantado!*

**"Isusumbong kita kay Kuya at Aries! Putrages ka talaga!"** Sigaw ko habang umiiyak pa rin.

Panay ang punas ko ng muka habang umaatungal na parang bata. Lahat na yata ng sama ng loob ko sa hayop na to mailalabas ko sa pag-iyak.

Nagsisimula ng mawala ang natitirang liwanag. Malapit na ding maubos ang dugo ko dahil sa kanina pa ko pina-papak ng mga lamok. At dahil busy ako sa kaka-atungal hindi ko namalayan na naka-akyat na pala ng puno ang demunyo.

**"Punyeta ka!"** Sigaw ko sa kaniya na makita ko siya sa tabi ko.

**"Baba na. We'll talk about this."** Mahinahong sabi niya. **"Gusto ko lang makapag-usap tayo ng maayos. After this, I'll bring you back to Angelo. Walang kulang, pero baka may labis."**

*Ay ulowl talaga!*

Agad ko siyang hinampas na kinatawa niya. Hindi ko tuloy alam kung seryoso ba siya o nagpapaka-tarantado na naman. Kung itutulak ko kaya siya ng malakas, malalag-lag siya? Tapos mababagok ang ulo. Kayalang baka lalo akong hindi maka-uwi.

**"Ayoko! Hayop ka! At yang *propanite* mo!"** Umiiyak na sigaw ko.

Mahina siyang tumawa. Napapahampas nalang siya sa braso at binti niya dahil sa pagkagat ng lamok.

**"Tara na. Ipagluluto pa kita."**

*Uy pagkain.*

Kusang kumalam ang tyan ko na para bang siya na ang sumagot sa sinabi nitong tukmol na to. Pasimple kong hinawakan ang tyan ko.

*Makisama kang bituka ka! Kundi isaw ka!*

**"A-ayoko! Alam ko na gagawin mo pagbaba ko dito!"** Akusa ko sa kaniya at malalim ang naging buntong hininga niya.

Para bang pagod na siyang kumbinsihin akong bumaba. Alam kong nahihirapan na din siya sa pwesto niya. Idagdag pang ang dami-daming kumakagat samin.

**"Okay, let's make a deal."** Sabi niya at bahagyang dumukwang sakin. **"I will mentally erase the estimated count of your profanities. It's back to zero."** Sabi niya at parang nagliwanag ang muka ko don.

Tinignan niya ko na para bang hinihintay ang pagsang-ayon ko.

**"A-ano pa?"**

Hindi pwedeng yun lang. Ang dami kong paghihirap ng magising ako sa dagat na to.

Nag-isip siya sandali at tinaas ang isang daliri. **"I will let you curse at me while we're here in this island, and that would not count."**

*Nice. Nice.*

Kalayaang murahin ang putang'nang tukmol na to. At walang profanity rules. Susulitin ko ang pagdala niya sakin sa islang—*teka! Anong isla?*

**"Paki-ulit mo nga! Nasaan tayo?"** Gulat na tanong ko.

**"Island."** Kaswal na sagot niya.

**"Hayop ka talaga!"** Sigaw ko at napangawa na naman.

Kaya pala parang walang ibang bahay at walang ibang tao. Dahil wala ako sa karaniwang dagat. Nasa isang isla kami nitong kumag.

Kung nagkataon, magdamag akon mag-iikot sa kakahanap ng bahay pero wala akong mapapala. Baka luwa na mata ko at dito na ko matuyot wala pa rin akong ibang taong nakikita.

*Pisti ka! Pisti!*

Agad ko siyang pinaghahampas na agad din naman niyang sinasalag.

**"Isussumbong talaga kita kay Kuya! Papabugbog kita!"**

**"Pwede namang ikaw nalang bumugbog. Basta sa malambot na higaan."** Sabi niya at ngumiti ng nakaloko.

Huminto ako sa paghampas at dinuro siya sa muka.

**"Kingina ka! Wag kang magkakamaling gumawa ng kabalbalan sakin!"**

**"Can we talk about this later?"** Iritang tanong niya bago tignan ang relo. **"Come on."**

**"Bababa lang ako kapag nasiguro kong wala kang gagawin sakin!"** Paninigurado ko.

Tumango siya. **"Okay, as part of the deal. I won't do anything against your will. Unless of course if you ask for it."** Sunod kindat.

Hinampas ko ulit siya at tumawa na naman siya. **"Pangarapin mo!"**

**"I am Jay. I am."** Sabi niya at inosenteng ngumiti. **"All good? Let's go back to Villa."**

Akmang baba na siya ng pigilan ko siya. Taka naman siyang tumingin sakin.

*Nakakahiya mang aminin.*

**"H-hindi ako marunong bumaba."** Pag-amin ko at malakas naman siyang tumawa. **"N-namamanhid din binti ko."**

Napailing-iling siya bago lumipat sa sangang kinauupuan ko. Mabuti nalang at matibay-tibay dahil baka sa baba na kami pulutin. Tumalikod siya sakin.

**"Sakay na. Para makabalik na tayo."** Sabi niya.

Kahit nag-aalangan, ginawa ko na din. Nahirapan siya nung una kaya mahigpit akong yumakap sa kaniya. Lalo na ng magsimula na siyang bumaba.

*Esushme, baka lang mahulog ako.*

**"You okay in there?"** Tanong pa niya.

**"Wag ka na magtanong!"** Inis na sagot ko.

Mahina siyang tumawa habang napapailing. Nang makababa na kami, akala ko ibababa na din niya ko pero pinalupot niya ang isang braso sa isang binto ko. Habang ang isang kamay niya ginamit naman niya para kuhanin ang gamit ko.

**"Yung sapatos ko."** Paalala ko. **"Wala pang kapalit yan."**

**"Tss... I'll buy you hundreds of pairs if you want. I can even buy the whole Marikina for you."** Pagyayabang niya.

Binatukan ko siya. **"Napaka-yabang mo."**

**"I'm saying it because I can do it."**

Hindi na ko nakipagtalo pa. Habang naglalakad siya panay pa din ang singkot ko. Ayaw magpa-awat ng sipon ko at dahil damit niya ang nasa harap ko, yun ang ginamit kong pamunas.

**"What the..."** Bulong niya habang pilit lumilingon.

**"Mag-reklamo ka. Singahan kita dyan."** Banta ko at hindi na siya sumagot pa.

Pagod at gutom na ko. Ubos na enerhiya ko para palubugin sa mura ang hayop na to. Dala na din ng sobrang pagod, kusang sumandal ang baba ko sa balikat niya. Napansin ko pa ang pagsilay ng ngiti sa labi niya.

*Esushme, pagod lang.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 326

**A/N:**

**Happy Birthday!!**
Camille Abe
Mitchie
Dianne Chezca Mijares
**Shoutout to:**
Patricia Yesha

**First Night**

***Jay-jay's POV***

**"Ang tagal! Naiinip ako."** Reklamo ko habang naka-upo at nakatungtong ang dalawang paa sa bangko.

Kakatapos lang gamutin kuno ng tukmol na to ang mga paa ko. Dinampian lang naman niya ng yelo. Mabuti nalang at makapal ang kalyo ko sa paa. Baka tadtad na to ng paltos dahil sa init ng buhanging tinakbuhan ko kanina.

**"Give me 10."** Sagot niya.

**"Wala akong 10pesos. May barya ka ba? May bente ako sa bag."**

Mahina siyang tumawa. **"I'm asking for 10. 10mins. Or maybe 10 kiss will do."**

*Gago!*

**"Babatuhin kita ng silya."** Walang buhay kong banta. **"Matagal pa ba yan? Nagugutom na ko."**

**"Just a moment. Okay?"** Nagbuntong hininga siya. **"Ang hirap palang maglingkod sa asawa."**

**"Muka mo asawa."**

Tumawa na naman siya. Panay ang lakad papuntang ref at babalik sa lababo tapos ay may isasalang sa kalan. Kung anong luto ang ginagawa ng walang hiya.

*Tatampalin ko to kapag hindi masarap.*

Hindi ko alam kung gaano pa katagal ang hihintayin ko pero amoy na amoy ko na ang niluluto niya na lalong nagpapakalam sa sikmura ko. Nagwawala na ang mga alaga ko sa tyan.

Halatang hinihintay nalang niyang maluto ang nakasalang. Maya-maya pa ay kumuha siya ng mga wine glass sa cupboard. Binaba niya ang isa sa harap ko at ang isa naman sa katapat ko.

Nang maluto na ang hinanda ng hayop, inayos niya yon sa mga plato. Daig pa niya chef sa busisi ng ginagawa niya. At nang ibaba niya ang mga plato kusa akong naglaway sa sarap at bango ng amoy.

Tumalikod siya sandali at pagbalik niya may hawak na siyang bote ng wine. Matalim ko siyang tinignan.

**"Sigurado ka dyan?"** Sarcastic na tanong ko.

Tinignan niya ko at ang boteng hawak. Sandali siyang nag-isip.

Napailing siya. **"Probably not."**

Binalik niya ang bote at naging pitsel ng juice ang sunod niyang dala.

*Natakot siguro siyang maluto sa apoy.*

Sinalinan niya ang bawat baso namin. At nang masigurong ready na ang lahat, nakangiti siyang humarap sakin.

**"Enjoy the salmon stake."**

Halatang proud na proud siya sa sarili niyang luto. Napa-irap naman ako bago simulang lantakan ang pinagyayabang niya.

In fairness, pwedeng ilaban sa luto ni Eman. Sosyal naman ng salmon, naging stake. Kung sa bahay ka lunod ka sa mantika habang pini-prito. Tapos kalahati luto kalahati nakadikit sa kawali.

*Proud Filipino dish.*

Nagsimula na ring siyang kumain. Madalas talaga kanin ang hapunan ko. Kaunti lang naman dahil gabi na. Mga tatlong sandok ng kanin tapos malaking tipak ng ulam. Ayaw ni Tita ng purong karne sa gabi kasi daw masama. Kaya madalas gulay ang ulam sa hapunan o kaya isda.

**"So, how's life while I'm gone?"** Tanong niya na akala mo nagtatanong sa kasintahan niyang matagal niyang hindi nakita dahil sinaktan at niloko lang naman niya tapos babalik siyang parang walang nangyari, may pabili-bili pa ng factory at Marikina. Gago!

Tinignan ko siya ng masama habang sumusubo ng isda. Mabagal ko pang nginuya yon bago lunukin at uminom ng juice sa wine glass kasi hindi ako pwedeng uminom ng alak baka ialay ko siya sa apoy.

**"Masaya. Promise."** Madramang sagot ko. **"Enjoy ang kidnapping."** Sabay bigay ng plastic na ngiti.

Tumango-tango siya. **"It's my fault—."**

**"Ay buti alam mo!"**

**"Look—."**

**"Pwedeng wag ngayon? Kumakain ako eh."** Reklamo ko at mukang nakuha naman niya.

Naging tahimik tuloy kami habang kumakain. Inenjoy ko ng husto ang sosyal na salmon. Ng matapos kumain tahimik pa rin kami. Malamang ko iniisip na niya kung paano ako uutusan na maghugas ng plato.

*Hindi ako maghuhugas. Manigas!*

**"Would you like—?"**

**"Hindi ako maghuhugas ng plato!"** Putol ko sa sasabihin niya.

Malakas siyang tumawa. **"I'm about to ask if you want some desserts."**

**"Ano... Ano ba yan? Masarap ba yan?"** Kuwaring intrigrang tanong ko.

**"Of course."** Sabi niya at tumayo.

Binuksan niya ang ref at may kung anong kinuha. Nanguha din siya ng platito sa cupboard bago sinumulan ang paglalagay don. May ilang minuto din ang hinintay ko bago niya iabot sakin ang chocolate ice cream na may whipped cream at vanilla syrup.

*SAAAAARRRRAAAAP!!!*

Nakangiti pa ko bago simulang lantakan yon.

**"You like it?"** Tanong niya.

**"Sinong hindi?"**

Tumawa na naman siya bago magpangalungbaba habang nakatingin sakin. Dun ko lang napansin na wala siyang desserts kagaya sakin.

Bigla nalang akong kinutuban. **"A-anong nilagay mo dito?"**

**"Whipped cream and vanilla syrup."**

Pinaningkitan ko siya ng mata. Mas singkit pa sa Koryano at Intsik.

**"Yun lang? Yun lang?!"**

Nangunot ang noo niya. **"Should I put something else?"**

**"Wala talagang iba? Hindi mo to nilagyan ng kagaya sa tubig na pinainom mo sakin?"** Pang-aakusa ko.

Mukang nakuha naman niya ang ibig kong sabihin. Napailing siya habang nakangiti.

**"No. I did not put anything else."**

Dinuro ko siya ng kutsara. **"Sinasabi ko sayo! Papabugbog talaga kita kay Kuya Angelo."**

**"Like I'm scared."** Bulong niya pero nadinig ko pa din.

*Isusumbong kita kay Kuya. Akala mo.*

Tinuloy ko nalang ang paglamon sa ice cream. Nakatingin pa din siya sakin na parang ine-enjoy niyang makita na masaya akong kumakain.

**"I miss you."** Biglang sabi niya.

**"I miss yah too."** Wala sa sariling sagot ko.

Nanlaki ang mata ko ng maisip ang sinabi ko. Tinignan ko siya at ang ice cream na kinakain ko.

**"I miss yah ice cream! I miss yah too!"** Sabi ko habang dinudutdot ng kutsara ang ice cream.

**"Of course. You miss the ice cream."** Sabi niya habang sumisilay ang lukong ngiti.

Panay ang ngiti at tawa niya. Ang sarap tuloy niyang suntukin hanggang sa matanggalan siya ng ngipin.

**"Bwisit ka!"** Inis na sabi ko. **"Bakit ba bumalik ka pa?"**

Nawala ang ngiti niya at hindi ako tatanggi na parang may kumirot sa puso ko ng maging malungkot ang mata niya.

*May sad face ang mata niya.*

**"For my siblings. For my friends."** Huminto siya at tumingin sakin. **"For you."**

Hindi ko na nagawang kumain ng maayos. Nakatingin lang ako sa mangkok habang sinusundot-sundot yon ng kutsara.

**"Bakit hindi ka nag-stay don? Andon naman mga kamag-anak mo. Maghanap ka bagong kaibigan. Maghanap ka bagong babae."**

**"Madali humanap ng babae. Pero hindi madali maghanap ng mamahalin."** Umiling siya. **"At bakit ako maghahanap kung andito ka naman?"**

*Hirap magtagalog ng buo, ano?*

**"Babae mo ba ko?"**

**"Hindi. Pero ikaw ang mahal ko."**

*Ulowl.*

Mabilis kong inubos ang natitirang ice cream bago tumayo. Ayoko ng marinig ang susunod niyang sasabihin.

**"Wala na kong gana. Magpapahinga na ko."** Sabi ko at tumalikod.

**"Jay, please."** Pigil niya sakin.

Napabuntong hininga ako. Hinarap ko ulit siya.

**"Nakakatakot makinig sa sasabihin mo. Paano kung hindi na naman totoo?"**

**"I have no reason to lie to you again."**

Napailing ako. Tumingin ako sa ibang direksyon para lang hindi niya makita ang pamumuo ng luha ko.

**"Mahigit isang buwan. Sa iba sandali lang yon. Pero para sakin na naghihintay ng paliwanag mo, sobrang tagal."** Mabilis kong pinunasan ang takas na luha ko. **"Ang daming kong tanong na gusto ng masagot. Ilang beses kong sinabi sa sarili ko na wag na umasa pero nagkukusa pa rin ako."**

Akmang lalapit siya sakin pero agad akong tumalikod at naglakad paalis.

**"Gusto ko ng magpahinga."** Sabi ko ng hindi lumilingon sa kaniya.

Kahit kumikirot ang talampakan ko mabilis pa din ang lakas paakyat ng hagdan pabalik sa kwarto kung saan ako nagising kanina. Sinara ko ang pinto pagpasok ko at pinunasan ang mga luha ko.

*Tangina ka!*

Sinasabi ko na. Kaya hindi talaga pwedeng dalawa lang kami ng hayop na yon. Kung hindi ako uuwi ng buntis, uuwi akong sugatan na naman ang puso.

Gusto ko ng sagot. Gustong-gusto ko pero tuwing iisipin ko ang sasabihin niya bigla ring papasok sa isip ko ang mga sinabi niya ng magkalabasan na ng totoo. Paano kung masaktan na naman ako? Baka hindi ko na kayanin. Lahat ng masalubong kong mag-jowa tatampalin ko na.

Nakabusangot ako habang naglalakad papasok sa banyo. Sabi ng kumag na yon may kabinet sa loob at may mga damit na pwede kong magamit. May malaking kabinet nga. Muntik ng maging walk in closet kung hindi lang padiretso ng banyo.

De-tupi ang pinto. Eto yata yung bifold dahil kusang natutupi sa dalawa ang pinto para bumukas ng buo. Mabangis!

Maraming damit sa loob. Kumpleto, may bikini pa nga at underwear. Tinignan ko naman ang size non at naningkit ang mata ko ng makitang kasukat ko yon.

*Hayop! Paano naman niya nalaman size ko?*

Kumuha nalang ako, pati ng tshirt at pajama bago dumiretso sa banyo. Nanlaki ang mata ko ng makit ako ang sarili ko. Daig ko pa pulube sa dungis at gulo ng buhok. Tapos nag-drama pa ko sa harap niya.

Napanguso nalang ako bago hubarin lahat ng suot ko at umalalim sa shower. Mabuti nalang at kumpleto sa gamit. May shampoo, conditioners, sabon, body wash, feminine wash, foot scrub at kung ano-ano pang wash.

*Brainwash.*

Matapos maligo, sandali kong pinatuyo ang buhok bago mahiga sa kama. Alam kong hindi dito matutulog ang tukmol na yon dahil meron pang mga kwarto na magagamit.

At isa pa, hindi rin niya pwedeng subukan dahil hahambalusin ko siya. Subukan lang niyang wag tumupad sa usapan.

*Sisipain ko si kwanan jr.*

Buong akala ko mabilis akong makakatulog dahil sa pagod. Pero makailang beses na yata akong nagpa-ikot-ikot gising na gising pa rin ang diwa ko.  Pinatay ko na din ang ilaw, sinara ang bintana at binuksan ang ceiling fan pero wala pa rin.

Binilang ko na din ang tupang pwede kong kainin. Maging baka, kambing, baboy, usa at sawa, nabilang ko na din. Dilat na dilat pa rin ang mga mata ko.

Minabuti kong uminom muna ng gatas. Sabi nila mabisa daw pampa-antok yon. Sana lang meron dito?

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto. Patay na ang ilaw sa sala pero bukas pa rin ang pinto sa harap. Hindi na siguro inabala na isara dahil wala namang ibang tao dito.

Didiretso na sana akong kusina ng mapatingin ako sa labas ng pinto. Naka-upo sa hamba ng terrace ang kumag habang tinutungga ang bote ng wine. Mukang nakaka-rami na ang luko dahil tatlong boteng walang laman ang nasa tabi niya.

Alam ko namang matibay ang atay niya at mataas ang tolerance sa alak. Pero ko hindi maiwasan na hindi mapaisip kung ano bang naglalaro sa isip niya ngayon.

Minabuti kong bumalik nalang sa kwarto. Ayokong magtagpo kami at subukan na naman niyang buksan ang usapin na yon.

Patagilid akong nahiga sa kama. Isang oras mahigit din akong nakatitig sa saradong bintana hanggang sa marinig ko ang pagbukas ng pinto.

Sapilitan kong sinara ang mga mata ko. Mahigpit din ang naging kapit ko sa sapin ng kama lalo ng maramdaman kong lumubog ang parte ng kama sa likod ko.

*Punyeta ka?! Punyeta ka talaga!*

Halos malagutan ako ng hininga lalo na ng gumapang ang kamay niya sa bewang ko para yumakap. Gusto kong sumigaw ng malakas pero pinili ko nalang pigilin yon.

**"Jay."** Bulong niya sa batok ko. **"I know you're awake."**

*Kingina! Kingina! Kingina!*

**"Breath. I ain't doing that to you."** Sabi niya at parang kusang kumawala ang hininga ko.

**"B-bumitaw kang hayop ka."** Utos ko.

**"Please, let me sleep like this. I've been having trouble sleeping since I came back. My body clock is still adjusting."** Paliwanag niya.

**"H-hindi pwede. A-alis na."**

Mas humigpit pa ang yakap niya sakin sa halip na sundin ang sinabi ko. Mas lalo akong hindi makakatulog sa ginagawa niya.

Pwede ko naman siyang balyahin tapos balian ng buto para mapa-alis siya dito. Kaso bigla akong nakaramdaman ng awa. Kahit kung tutuusin mas nakaka-awa ako sa ginawa niya sakin.

Hinayaan ko siya kagaya ng hiling niya. Pero wala na kong balak matulog, kailangan kong masiguro na hindi gagapang ang kamay nitong hudas na to.

**"It hurts."** Sabi niya na pinagtaka ko. **"It hurts so bad seeing you in so much pain. And it doubled because the reason of your pain is me."** Sabi niya at wala akong naging reaksyon. **"Everyday I keep wishing that your feelings would never change. I'm so scared that one day, I'll wake up that you no longer love me."**

Mas humigpit pa ang yakap niya sakin. Saka ko naramdaman ang paghikbi niya sa likod ko. Parang pinipiga ang puso ko. Tahimik akong umiyak kasabay ng pag-iyak niya.

Bakit parang kasalanan ko pa nasaktan siya? Ginusto ko ba? Siya lang ba may karapatang hindi dapat masaktan?

*Tangina ka kasi!*

**"I know you won't forgive me that easy. But I will still take my chance."**

Pinili kong wag magsalita. Para akong tanggang umiiyak ng walang ingay. Hindi ko alam kung gaano kami katagal na nag-iiyakan hanggang sa makatulog ako.

Nagising nalang ako ng maramdamang may humahalik sa likod ng tenga ko. Kusang umangat ang kamay ko para hampasin ang lapastangan.

**"Aw."** Mahinang reklamo niya.

Kinamot ko ang likod ng tenga ko bago umikot ng higa na isang malaking pagkakamali. Naramdaman ko nalang may humahalik sa labi ko at pilit pinapalalim yon. Nakayakap pa ang braso sa bewang ko.

*Gago!*

Dumilat ako at tuluyang nagising ang diwa ko ng makita ko ang walanghiya. Nakapikit pa ang gago habang pinag-pi-pyestahan ang labi ko. Agad ko siyang sinampal at napahiwalay naman siya sakin.

Napahawak siya sa pisngi niya habang punonng pagtatakang nakatingin sakin.

**"Tarantado ka!"** Sigaw ko bago bumangon.

**"W-what? What is that for?"**

**"What! Watwatin ko muka mo dyan!"**

Tumayo na ko at lumayo sa kaniya. Baka mamaya may gawin na naman siya.

**"Good morning too."** Sarcastic na sabi niya.

Mukang walang alam ang gago pero hindi niya ko maloloko. Alam kong nagpapanggap lang siya para makaligtas sa kalokohan niya.

*Wala daw gagawin.*

Inirapan ko nalang siya at dumiretso sa banyo. Siniguro kong naka-lock ang pinto para masiguro na hindi susunod ang tukmol. Naghimalos ako at ginawa ang morning routine ko. Nagpalit na rin ako ng damit.

Mabuti nalang at may pang-ipit ng buhok akong nakita. Ginamit ko yon para maitali ang buhok kong nagsabog dahil sa katamaran kong magsuklay. Ang tunay na maganda galit sa suklay.

Paglabas ko ng banyo napatingin ako sa tukmol na Kei—*kwanan.* Tulala ang lintik at parang iniisip pa rin kung bakit ko siya sinampal.

**"Tumayo ka na dyan! Ipagluto mo ko!"** Utos ko.

Tinignan niya ko habang nakataas ang isang kilay. **"After slapping me? You cook your breakfast."** Sagot niya at nahiga ulit.

*Tignan mo tong Gago na to.*

Nilapitan ko siya at sinipa-sipa. **"Ganyan talaga kayong mga lalaki? Kapag nakuha na gusto sa babae hindi na pinaglilingkuran?"**

Bigla siyang bumangon habang nanlalaki ang mga mata sakin. Mahina akong natawa dahil tayo-tayo pa ang buhok niya.

**"Excuse me. Hindi ko pa nakukuha ang gusto ko sayo."**

**"Ano naman yon?"**

Sumilay ang pilyong ngiti sa labi niya. **"Maraming anak."** Sabi niya at akmang hahatakin ako pero pinangsalubong ko agad ang talampakan ko sa muka niya.

**"Anak ba kamo? Ayan! Anakan mo talampakan ko! Anakan mo! Sige! Anakan mo!"**

Kahapon pa ko hindi nag-iskoba ng paa. Malamang ko sulit ang amoy niyan.

*Walastik!*

Lumayo siya habang hawak ang ilong. **"When was the last time you scrub your foot?"**

**"Kahapon siguro."** Sagot ko at ngumiti ng mapang-asar. **"Bumangon ka na. Almusal ko."**

Tinalukuran ko na siya at dumiretso na sa kusina. Mabuti nalang at hindi ganun katagal ang paghihintay ko sa kaniya. Nakapag-palit na siya ng damit at nakapag-hilamos na din pero tayo-tayo pa rin ang buhok niya.

Pasimple ko siyang tinawanan dahil ayokong isipin niya na okay na ko sa kaniya. Pero hindi ko itatanggi na matapos marinig yon sa kaniya, nagkaroon ako ng kaunting simpatya. Paano nga kung nasaktan din siya sa ginawa niya?

*Buti nga!*

Mabilis na kumalam ang sikmura ko ng ilapag niya ang fried rice, hotdog, longganisa, tucino at itlog sa lamesa. Hindi ko na siya hinantay at kumain na agad. Uupo na sana siya ng makarinig kami ng tunog ng radyo. Para bang merong nagsasalita tapos tunog ng signal.

Agad na lumakad paalis si Kei—*kwanan* para puntahan yon. Meron siyang kinuha sa lamesita sa sala bago lumabas ng bahay.

Hinayaan ko nalang siya at tinuloy nalang ang pagkain ko. Halos maubos ko na ang lahat pero wala pa rin siya. Mukang merong problema.

Tiniran ko nalang siya ng pagkain dahil baka magalit siya sakin. Iniwanan ko siya ng isang hotdog na may kagat, isang hiwa ng tucino, isang longganisa at isang itlog tapos isang sandok ng kutsara ng fried rice.

Madami-dami na para sa kagaya niya. Ayoko namang isipin niya na hindi ko siya inaalala.

*Buti nga tiniran ko pa.*

Tinakpan ko muna ang mga nasa lamesa bago siya sundan sa labas. Meron pa rin siyang kausap sa walkie talkie niya. Dahan-dahan akong lumapit para sana alamin ang pinag-uusapan nila pero mukang matagal-tagal pa siyang matatapos.

Lumapit nalang ako sa dalampasigan at naglaro ng buhangin. Gumawa na ko ng bahay-bahayan at kastilyo ko. Bawal ang panget dito. Tapos lalagyan ko ng dragon at leyon pero pwede ring si Kuya Angelo nalang lalagay ko, mas nakakatakot pa siya sa mga yon.

Dinrawing ko na din muka ng mga Ulupong sa buhangin. Pati muka ni Percy at Aries. At ngayon ko napatunayan na magaling akong mag-drawing. Kayalang hindi sila mukang tao.

Narinig kong nagpaalam na ang kausap ni Kei—*kwanan* kaya nilapitan ko na siya.

**"Tungkol saan yon?"**

**"We have a problem."** Seryosong sabi niya.

Binalot ako ng kaba. **"Anong problema?"**

**"Angelo is looking for us."**

*Patay! Burol! Libing!*

**"A-alam niyang nandito tayo?"**

Umiling siya. **"I just bought this island. The papers are not yet process under my name."**

Hindi ko alam kung hihinga na ba ko ng maluwag.

**"But there's another problem."** Dagdag pa niya. **"We can't leave this island, he will surely find us."**

Nasabunutan ko ang buhok. Parang mas gusto kong mamatay sa kamay ni Kuya Angelo o pwede ring siya nalang ang mamatay. Kinidnap ako! Inosente ako!

Kapatingin ako sa dagat. Lalangoy ako! Lalangoy ako paalis sa lugar na to.

**"Jay?"** Tawag niya sakin pero hindi ko siya pinansin.

**"Uuwi na ko."** Sabi ko at mabilis na tumakbo pasulong ng dagat.

**"Hey! It's dangerous!"**

**"Wala akong pake!"**

Mas gugustuhin ko pang umuwi na malamig na bangkay kesa umuwi ng malamang tao sa tyan. Mamatay din naman ako pag-nangyari yon.

*Basta uuwi ako!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 327

**A/N:** Warning pa? Hahahahaha...

**Happy Birthday**
Attitudegwen
Tamika Raine
Alex Carla

**Shoutout**
Gabriella Denise

**Review**

***Jay-jay's POV***

Wala akong tigil sa pag-ubo at paghingal habang nakadapa sa dalampasigan. Kalahati ng katawan ko ang naaabot ng alon.

**"Fvck! Don't do that again!"** Inis na sabi ni Kei-*kwanan* habang naghahabol ng hangin.

Napaka-tanga ko nga namin kasing lumusong sa dagat at nagsabing lalangoy pauwi. Tapos hindi naman pala kagalingang lumangoy.

*Ayun lunod!*

Mabuti nalang at nakasunod pala sakin ang impaktong to. Nasagip niya ko bago pa may masamang mangyari sakin.

Hindi na ko nakipagtalo pa. Mauubos lang ang natitirang lakas ko kung makikipag-murahan pa ko sa kaniya. Napahiga nalang ako habang nakapikit.

**"You okay?"** Tanong sakin ng kumag.

**"G-gusto ko ng umuwi."** Halos pabulong kong sabi.

**"Makaka-uwi tayo. I'll find a way."** Sabi niya. **"Lets go back to villa."**

Nang imulat ko ang mga mata kong mahapdi pa rin. Nakatayo na siya at naka-lahad ang palad sakin. Kahit pagod, inabot ko pa rin ang kamay ko. Sabay ng pagbangon ko ang paghatak niya.

Hawak pa rin niya ang kamay ko kahit nakatayo na ko. Kahit ng maglakad kami pabalik ay hindi pa rin siya bumubitaw. Hinayaan ko nalang dahil baka ano mang oras ay bumagsak ang katawan ko sa sobrang pagod.

Pagdating sa terrace ng villa, napa-upo ako sa hamba. Malalim pa rin ang pag-hinga ko.

**"C'mon, we're almost there. You can take a bath and rest after."** Sabi niya habang pilit akong hinahatak patayo.

**"S-sandali. Kaunting pahinga lang."**

Binitiwan niya ang kamay ko. Lumakad siya papunta sa harap ko. Laking gulat ko ng hablutin niya ang magkabila kong kamay para mapa-tayo ako. Pero hindi pa don natapos, dahil tuloy-tuloy niya kong hinatak hanggang sa masampa niya ko sa balikat niya.

Para akong sako ng bigas. Naglakad siya papasok ng bahay.

Sa totoo lang naiinggit ako sa kaniya. Kasi may enerhiya pa siya matapos niya kong sagapin sa pagkalunod. Samantalang ako, pagod, uhaw at gutom matapos piliting languyin ang karagatan.

*Medyo shunga.*

Tuloy-tuloy siya pumasok sa kwarto, patuloy sa banyo. Binaba niya ko sa ilalim ng shower.

**"Take a bath then rest."** Utos niya.

Tumango lang ako bago siya tumalikod at umalis. Mabuti nalang at ni-lock na niya ang pinto. Nag-shower ako kagaya ng utos niya. Inabot nga lang ako ng syam-syam dahil sa bigat ng mga braso ko.

Nang matapos maligo at makabihis, kalbaryo ang pagpapatuyo ko ng buhok gamit ang twalya. Nakatitig pa ko sa bintana habang naka-upo sa kama. Iniisip ang katotohanang magtatagal ako dito kasama ang tukmol na yon.

*Patay talaga ako.*

Napalingon ako sa pinto ng bumukas yon. Sunod na pumasok ang Kei-*kwanan* habang may dalang tray na may pagkain at juice.

**"I know you're hungry. Again."** Sabi niya bago ibaba ang tray sa bandang dulo ng kama.

*Yes naman. Marunong makaramdam ang gago.*

**"S-salamat."**

Napansin siguro niya ang matamlay kong boses. Hinatak niya ang bangko na nakalagay sa tabi ng lamesa-kung saan ko nakuha ang gamit ko-at nilagay yon sa harap ko bago siya maupo.

**"Hey, I know your upset."** Sabi niya at akmang hahawakan ang kamay ko pero agad kong nilayo.

Hindi rin naman pumayag ang luko dahil hinabol talaga ng kamay niya ang kamay ko para lang mahawakan.

**"I'll find a way. Makaka-uwi tayo ng maayos bago pa tayo mahanap ng pinsan mo."**

Hinampas ko siya ng twalya. **"Tukmol ka kasi. Ano ba kasing problema mo at dinala mo ko dito?"**

Napabuntong hininga siya bago itaas ang dalawang daliri. **"I have two reasons."** Tinaas niya ang hintuturo at tinago ang pang-gitna. **"One, for us. So we can have a private place and enough time to talk."** Tinaas niya ulit ang pang-gitnang daliri. **"Two. When I ask permission to Angelo-about this reviewing thing-he told me to hide you for a while. But he doesn't know that *a while* will take 24hours."**

Mabilis kong inagaw ang isang kamay kong hawak niya. Bakit ako itatago? At bakit yun iuutos ni Kuya? Ano na naman bang nangyayari? At bakit din siya pumayag na sumama ako sa ugok na to?

Alam ni Kuya na magkasama kami. Tapos inutos din niya na itago ako. At sinamantala naman ng hayop na to.

**"B-bakit? Para saan?"**

Umiling siya. **"He didn't tell me. But I'm finding out now."**

Tinitigan ko siya sa mga mata. **"Paano ako nakaka-siguro na nagsasabi ka ng totoo?"**

Bumuka ang bibig niya para sumagot pero agad din yong tinikom na para bang mas mabuti ng hindi siya magsalita. Tumingin siya sa ibang direksyon at napailing.

**"Hirap no? Aminado ka kasing sinungaling ka."** May pang-aakusang sabi ko.

Ni hindi man lang niya pinagtanggol ang sarili o sumagot para makuha kong magtiwala sa kaniya.

**"Yes, I did lie. Because I had no choice."** Sabi niya at tumayo. **"Kumain ka na. Then rest."**

Tuluyan na siyang umalis ng kwarto at iniwan akong may malaking palaisipan sa sinabi niya. Anong wala siyang choice? Lady's Choice?

*Anong kabalbalan na naman yan?*

Pinili ko nalang kumain muna. Baka lalo akong magutom kung mag-iisip ako ng mag-iisip. Nilapitan ko ang tray at natuwa naman ako ng makitang pasta ang handa ng Ulupong. Seafood flavor.

Walang pagod-pagod sa taong gutom. Halos sandali ko lang naubos ang dala niya. Nilagay ko nalang ang tray sa lamesa bago sumilip sa bintana. Matindi na ang sikat ng araw, hindi na magandang mamasyal.

Kung tutuusin, sobrang ganda ng lugar. Malakas lang makasira muka ni Kei-*kwanan*. Asul na asul na ang dagat. Naglalaro sa puti at pink ang buhangin. Madaming Pucca shells sa dalampasigan. Pati tong wind chime na gumising sakin kahapon gawa din sa shells. Maraming puno ng niyog na hindi ko maaakyat. May ibang puno din akong nakikita pero hindi sila pamilyar.

Matapos pagsawaan ang magandang view sa labas, pinili kong humiga na at ituloy ang balak na pagpapahinga. At dahil nga sa pagod kusa akong nakatulog.

Buong umaga yata akong tulog hanggang sa magising ako dahil sa pagkalam ng sikmura.

*Pananghalian na.*

Sinubukan kong gumalaw at agad kong naramdaman ang mabigat na bagay na nakayakap sakin. Sinubukan kong idilat ang mata ko pero dahil sa antok hindi ko makita ng maayos ang kaharap ko.

**"Kwanan..."** Mahinang tawag ko sa Hari ng mga Ulupong. **"Gutom... Pananghalian..."** Paos na dagdag ko.

Muli akong nakatulog pero kumalam na naman ang tyan ko na halatang ginigising na ang diwa ko. Pero ayaw magpatalo ng antok ko. Hindi tuloy ako sigurado kung nana-ginip ba ko o gising na.

**"Kwanan..."** Tawag ko ulit.

May nakayakap pa rin sakin na nagpapahirap sakin sa pag-galaw. Sinubukan kong itulak ang walanghiya.

Dinig ko ang mahina niyang daing. **"Hmm..."**

**"Kwanan..."**

**"Hmm?"** Sagot naman ng katabi ko.

**"Luto... Pagkain..."**

**"Yes, wife."** Mahinang paos na sagot niya. **"I will cook."**

*Sinong wife?*

Napangiti ako sa isip ko. Sa panaginip ko, mag-asawa na kami ni *kwanan*. Wala naman sigurong masama kung i-enjoy ko ang pagkakataon. Kahit dito man lang sa panaginip masabi kong mahal niya ko.

*Wala naman imposible sa panaginip.*

Nanaginip nga ako dati, nagpakasal daw ako sa liempo pero maaga siyang pumanaw kasi naubos ko siya.

**"Pagkain..."** Mahinang daing ko.

Naramdaman ko ang paghigpit ng yakap ng katabi ko.

**"What is my wife's want?"** Paos na tanong ng katabi ko.

**"Salmon *stik.* Hubby."**

**"Steak."**

**"Basta pagkain."**

**"Of course."** May naramdaman akong dumikit sa noo ko. **"For my wife and my baby."**

*Ahi! Baby daw. Ibang level na!*

**"Gusto ni Baby ng ice cream."**

**"Is it the baby or the mommy."**

**"Both."**

Nakarinig ako ng mahinang pagtawa. Enjoy na enjoy ko ang panaginip na to. At least walang katotohanan dito na nagpapa-alala sakin na baka nagsisinungaling na naman siya sakin. Na baka meron na naman siyang balak at ako na naman ang instrumento niya.

*Sa panaginip na to, walang ganon.*

**"Kwanan..."** Tawag ko pero walang sumagot. **"Kwanan..."** Wala pa rin.

Nagsimula na kong makaramdam ng lungkot. Mukang patapos na ang panaginip ko. Ayoko pa sa reyalidad. Dito muna ko.

Sinubukan kong gumalaw pero gumalaw din ang katabi ko.

**"Wife..."** Mahinang sabi niya.

**"Mmm?"**

**"Who's *kwanan*?"**

**"Ikaw."**

Sandaling katahimikan ang bumalot samin. Napuputol na ang panaginip ko.

*Wag muna!!*

Kusa kong inunat ang mga braso ko para mayakap ang katabi. Nagbabaka-sakali na hindi mawawala ang mumunting kasiyahan ko bago bumalik sa tunay na bangungot.

**"Sshh..."** Dinig kong sabi niya at naramdaman ko na naman ang malambot na bagay na kumikiskis sa noo ko pababa sa ilong.

**"Ayoko ng gumising."** Mahinang sabi ko. **"Gusto ko dito."**

**"Then stay here. Stay with me."**

Napangiti ako. Pati panaginip ko gustong manatili ako. Kung pwede lang, kahit anong paraan gagawin ko wag lang akong magising.

**"Sige."** Sagot ko naman.

Naramdaman ko na naman ang malambot na bagay. Mula sa ilong ko lumipat yon sa gilid ng labi ko.

**"I love you."** Bulong niya at dumikit sa mismong labi ko ang malambot ma bagay. **"Until scientists find the end of the universe."**

*Ayiih! I love you daw!*

Bahagya akong tumawa. **"Pagkain muna."**

Narinig ko ang pagtawa niya at bigla yong sinabayan ng pagkalam at paghapdi ng sikmura ko. Napadaing ako sa sakit at agad na dinilat ang mga mata ko.

*Tangina!*

Tanginang panaginip yan! Pati panaginip napapasok na din ng mga manloloko. O mas tamang sabihing hindi talaga ako nanaginip.

*Kingina! Tangina! Putang'na!*

Alam ko na ang malambot na bagay. Mukang labi niya yon at hinalikan niya ko. Tapos tinawag ko pa siyang hubby at nangarap pa kong meron kaming baby. Ay ulowl!

Babalik ako sa dagat. Lulunurin ko sarili ko, yung wala ng ahunan. Kung meron mang pating, papakain na ko. Dapat buo niya kong makain kundi siya kakainin ko.

Nakapikit pa rin ang tarantadong, pesteng, demunyong kumag sa harap ko. Sobrang lapit namin na halos magpalitan na kami ng hininga. Wala naman akong problema sa hininga niya, kahit papano mabango-bango. Eh yung sakin?

*Boombastic!*

Ang payapa niya tignan. Akala mo hindi tarantado ang gago. Napatingin ako sa ilong niyang matangos. Hiyang-hiya ang ilong ko.

Napangiti nalang ako ng may maisip akong kalokohan. Bahagya kong tinaas ang isang kamay kong nasa pagitan namin. Dahan-dahan kong inabot ang ilong niya at isang malakas na pitik ang binigay ko bago magkunwaring tulog.

**"Aw."** Dinig kong reklamo niya.

Pigil ko ang tawa ko dahil baka mahuli niya ko.

**"Wife."** Sabi niya. **"I know it's you."**

Hindi ako sumagot. Hindi naman ako wife niya. Kung alam ko lang hindi panaginip yung kanina, hindi ako sasagot ng Hubby. Hayop na yan!

**"Still asleep huh?"** Bakas ang sarkasmo sa sinabi niya. **"You would never know, what I'm about to do to you."**

*Ano? Anong gagawin niya?*

**"Keep sleeping."** Sabi niya at naramdaman ko ang init ng hininga niya sa labi ko.

Alam ko ang balak ng walanghiya. Sinasadya niya para idilat ko ang mata ko at mahuli niya na ako may gawa ng pamimitik. Kapag naman hindi ako dumilat, makakahalik na naman ang gago.

**"Keep-."**

**"Putangina mo!"** Sigaw ko ng halos ga-hibla nalang ang lapit ng labi niya sakin.

Bahagya naman siyang lumayo habang natatawa.

**"Bumitaw ka nga! Lumayo ka sakin!"** Utos ko sa kaniya pero hindi siya gumagalaw.

**"What's wrong Wify?"** Nakatawang tanong niya.

Halatang nang-aasar ang gago. Malamang ko na gising din ang diwa niya kaninang nag-uusap kami. Sinamantala naman niya ang pagkakataon na hindi malinaw sakin ang nagaganap.

**"Gago mo!"**

**"I'm not Gago, I'm Hubby. You called me Hubby."** Pang-aasar niya pa.

**"Hubby? Hubby-lusin kita dyan! Layas!"**

Umiling siya. **"Call me Hubby."**

*Ay shutanginames! Nag-pabebe pa ang tarantado.*

**"Susuntukin kita!"** Banta ko at agad niyang inipit ang isang braso kong nakayakap pa rin pala sa kanya.

**"Just one Hubby. Please."** Mapang-asar na paki-usap niya.

**"Tumigil ka! Bitiwan mo ko!"**

**"I will not cook lunch for you if you don't say it."** Banta niya.

**"Kapal mo! Obligasyon mong ipagluto ako!"**

**"Are we talking about obligations now?"** Lumawak ang ngiti ng walanghiya. **"As my wife, it's your obligation to give me a child."**

**"Ulowl!"**

**"Say it!"**

**"Ano ba?!"**

**"Say it!"**

**"Parang tanga naman ih!"**

**"Just say it!"**

Halatang wala talagang balak sumuko ang kumag na to. Malaking pagkakamali talaga na sinabi ko ang mga salitang yon. Ngayon hindi na niya ko titigilan. Mamatay ako sa gutom kung hindi pa siya magluluto.

*Kingina naman eh.*

**"Pag-ikaw hindi pa nag-luto. Sinasabi ko sayo, tatamaan ka sakin."** Banta ko.

Malapad naman ang naging ngiti niya. **"Say it."**

Pangiwi ako. Gusto ko na talaga kumain. Mahapdi na ang sikmura ko dahil sa gutom.

*Buset kang kwanan ka.*

**"H-hubby."**

Nang-gi-gigil niyang kinagat ang sariling labi bago sumiksik sa leeg ko. Nang subukan ko siyang silipin napansin ko agad ang pulang-pulang tenga niya.

**"H-hoy!"**

Ilang minuto pa siyang nakasiksik sa leeg ko bago mabilis na tumayo ng walang paalam. Mapula pa rin ang tenga niya. Pero huli ko na napansin na pati ang leeg niya namumula rin.

*Anyare?*

Pinili ko nalang bumangon at dumiretso sa banyo para maghilamos. Inipitan ko din ang buhok kong mas matigas pa yata sa punong kahoy.

Bumaba na ko at dumiretso sa kusina. Nakanguso pa ko habang tinitignan ang abalang Hari ng mga Ulupong.

Wag lang talaga siyang magkakamaling asarin ako sa lintik na Hubby na yan. Dadagukan ko siya pabalik-balik.

Matapos magluto, binaba ni Kei-*kwanan* ang plato sa harap ko. Naghanda ulit siya ng juice sa pitsel.

**"Eat Wify."** Nakangiting sabi niya.

**"Sasakmalin kita dyan."** Banta ko bago simulang kumain.

Narinig ko pa siyang tumawa bago kumain. Habang busy ako sa pagkain panay ang sulyap ng walanghiya sakin. Tapos sisilay ang ngiti bago susubo ng pagkain.

*Masamid ka sana.*

**"Hoy!"** Inis na sita ko sa kaniya. **"Tumigil-tigil ka dyan."**

**"What?"**

**"Kumain ka na nga."**

**"Yes, Wify."**

*Ay powta! Ayaw talaga tumigil.*

Nanahimik nalang ako at baka may masabi pa kong hindi maganda. Kumakain ka pa naman ako. Ayoko mawalan ng gana.

**"After this, help me-."**

**"Ano na naman?"**

**"With the reviewers. Remember?"**

Napaisip ako sandali. Yun nga pala ang dahilan kung bakit kasama ko ang tukmol na to. Sa lintik na reviewer na yan. Paano ko kaya siya tutulungan? Eh wala din naman akong naiintindihan sa mga lessons na tinuro samin.

Ituturo ko nalang kung anong natutunan ko. Turo ko sa kaniya lettering ni David. Pati kung paano basahin ang alphabet niya.

*Kagandang lalaki, kapanget ng sulat.*

Matapos kumain, hinintay kong matapos sa paghuhugas ng plato ang tukmol. Mabuti nalang at hindi siya nagtagal.

Inaya niya ko sa sala at sinabihang maghintay. Umalis siya at pagbalik, dala na ang mga gamit namin. Pati mga photocopy ng mga lesson dala rin niya.

**"Lets start."** Sabi niya bago iabot sakin ang mga papel at naupo sa tabi ko.

**"Umusog ka nga."** Utos ko.

**"Why?"**

**"Anong why? Masyado kang malapit."**

**"No, I'm not. Sakto lang to, para maintindihan ko ituturo mo."** Sagot niya at kumindat pa.

Gusto kong sundutin ng ballpen ang mata niya. Sakto pa naman at may isang kahon akong ballpen. Isasaksak ko lahat sa kaniya.

*Subukan mo lang.*

**"Magsimula na nga tayo."** Inis na sabi ko bago umirap.

Binasa ko muna ang mga nakasulat sa unang papel na nakuha ko. Gusto kong maiyak dahil sa lahat ba naman ng subject yung maraming problema pa. Yung laging pinapahanap ang X niya para tanungin ng Y.

**"Eto muna..."** Sabi ko at kumuha ng malinis na papel at ballpen. **"Kay victor muna."**

Taka niya kong tinignan habang pinaglalaruan ang ballpen sa kamay. **"Who's Victor?"**

**"Anong who? Ayan victor!"** Sagot ko at tinuro ang mga naka-drawing sa papel.

Bahagya siyang natawa. **"You mean vector."**

*Ay ang tanga Jay.*

Binasa kong mabuti ang nakalagay sa papel. Vector pala ang basa don, akala ko victor.

Bahagya akong umubo para alasin ang pagkapahiya sa kaniya. Nanguha nalang ako ng ibang papel na pag-aaralan. Tutal hindi namin dyan nag-focus ang math teacher namin ngayon. Nung nakaraan pa talaga yan, ewan ko ba bakit nasama sa photocopy.

**"Iba nalang muna."** Sabi ko at binaba ang panibagong papel. **"Eto tayo, hippopotamus."**

Nangunot ang noo niya. **"What?"**

Tinuro ko ang nasa papel. **"Ayan."**

**"Do you have an eye problem?"** Tanong niya at umiling naman ako. **"It's hypothalamus"**

*Tangahan mo pa, Jay.*

**"Pinalitan na."** Patay malisyang sabi ko. **"Tagal mo kasi nawala. Pinalitan na mga 3weeks na nakakalipas."** Paliwanag ko pa.

Gusto kong iuntog ang ulo ko sa lamesita. Pahiyang-pahiya na ko sa kaniya. Halatang hindi ako nakikinig at nag-aaral na mabuti. Ngayon pa talaga ako naging bobo sa harapan niya. Pwede namang mamaya nalang.

Tumango naman siya habang natatawa. Halatang hindi naniniwala. Nanguha nalang ako ulit ng ibang papel. Binaba ko ulit yon sa harap niya.

**"Eto! Tangerine tayo."**

Bigla nalang siyang tumawa ng malakas. Kulang nalang gumulong na siya sa sahig sa sobrang tuwa niya. Parang alam ko na ang dahilan.

*Wala na kong pag-asa.*

**"It's tangent."**

**"Pinalitan na din."** Sabi ko at lalo pa siyang natawa. **"Totoo yun. Pinalitan na."**

Napa-iling-iling siya habang kagat-kagat ang labi. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Halata namang wala kaming matu-tutunan. Lalo sakin na kahit na anong pakikinig hindi naman naiintindihan.

Kung tutuusin kasalanan niya dahil lagi siyang nasa isip ko. Kapag bumagsak ako, siya ituturo kong may kasalanan kay Kuya Angelo.

*Kuya, ayaw niyang umalis sa isip ko.*

**"Iba na nga lang pag-aralan natin."** Sabi ko at naghanap nalang ng hindi related sa math.

English ang una kong nakuha pero mukang hindi na niya kailangan yon. Pigang-piga na ang natitirang likido sa utak ko, dahil sa kaka-english niya. Mamaya lang mag-spark na yan kasi kulang sa langis.

Humanap ulit ako ng iba hanggang sa makuha ko ang science. Inabot ko sa kaniya yon.

**"Yan muna."** Sabi ko.

**"What's this?"** Tanong niya habang binabasa ang nakasulat sa papel. **"Reproductive System."**

**"Ganito yan..."** Sabi ko at tinuro ang mga imahe. **"Kapag nagkita tong itlog at mga butete, bababa yan dito tapos mag-devide siya. Tapos magiging ganito na."** Tinuro ko ang sunod na imahe. **"Tapos unti-unti na siyang ma-develop. Ganito muna tapos ganito tapos ganito."** Sunod-sunod na turo ko sa mga imahe ng fetus. **"Tapos yan na siya, Baby na. Antayin nalang lumabas."**

**"I'm confuse. How did this thing meet this thing."** Patukoy niya sa itlog at sa butete.

**"Kapag-."** Napatigil ako sabay tingin sa kaniya ng masama. **"Sasakmalin na talaga kita."**

Buti nalang agad kong napagtanto ang pinupunto niyang hayop siya. Akala siguro niya hindi ko mapapansin. Ang lawak pa ng ngiti ng hayop.

*Gago talaga.*

**"Seriously? If Angelo sees and hear this, you are more than doom."**

Napanguso ako. Alam ko! Alam na alam ko. Malamang na bawat salitang lalabas sa bibig ko, may kutos ako.

*Pa-share it naman ng talino.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 328

**A/N:** Nami-miss ko na gumala! Sana makapunta din ako isla.

**Cliff Diving**

***Jay-jay's POV***

**"Ayoko na nga kasi! Bakit mo ba ko pinipilit?"** Maiyak-iyak na sabi ko.

**"Just solve this one."** Sabi niya sabay turo sa math problem sa papel.

Nakadukdok ako habang nakaharap sa kaniya. Kulang nalang mag-maka-awa akong tigilan na namin ang pag-re-review. Dalawang oras na ang nakakalipas pero heto pa rin kami kay Math na maraming problema.

*Hilig-hilig gumawa ng problema tapos sa iba ipapa-resulba. Mahusay ka Math, mahusay.*

**"Last na yan?"** Inis na tanong ko.

**"Last na po. Then we'll turn to next topic, english."**

**"Wag na tayo mag-english, ang dami ko ng natutunan sayo."**

**"Like what?"**

**"Like what."** Pang-gagaya ko sa kaniya.

Bahagya siyang tumawa. **"Nice try."**

**"Nice try."** Pang-gagaya ko ulit pati ng boses niya.

Matalim niya kong tinignan pero nakangiti pa rin siya. Mapang-asar ko naman siyang tinignan.

**"Enough with the game."** Sabi niya halatang sinusubukan ako.

Sinubukan kong pigilan ang pag-ngiti ko pero lumalabas pa rin. Alam ko namang alam niya ang gagawin ko.

*Ano ha? Ano?*

**"Enough—!"** Hindi ko na natapos ang pang-gagaya ko at napasigaw nalang ng malakas dahil sa biglaan niyang pagpisil sa tagiliran ko.

Pero hindi pa rin siya don tumigil. Walang tigil niya kong kinilite sa tagiliran. Panay ang habol ko sa kamay niya para pigilan pero hindi ko naman magawa dahil sa panghihina sa kakatawa.

**"Tama na!"** Sigaw habang tumatawa.

**"Still copying me?"**

Napahiga na ko sa sahig kaya mas naging madali sa kaniya ang pangingilite.

**"Hindi! Hindi! Tama na!"**

Mabuti nalang at pinakinggan niya ko at tumigil din siya. Nakatawa pa siya habang nakatingin sakin. Ako naman tong pagod na pagod at hingal na hingal dahil sa kakatawa at kakaiwas sa kamay niya.

**"Ayoko na. Papakabait na ko."** Paki-usap ko sa kaniya.

Nakangiti pa rin siya habang nakatingin sakin. Mukang pati siya pinagpawisan din sa kalokohan niya.

**"Water?"** Alok niya.

Tumango ako bago siya tumayo at pumunta ng kusina. Kinuha ko naman ang pagkakataon para makaupo ng maayos at makahinga ng malalim. Daig ko pa lumaban sa marathon. Naubos yata lahat ng kinain ko kaninang pananghalian.

*Nagugutom na naman ako.*

**"Kwanan? Dala ka pagkain!"** Sigaw ko.

Inayos ko ang lamesa at mga papel na nadamay sa kaguluhan namin. Balak ko sanang itapon ang papel na pinapa-sagutan sakin kung hindi lang dumating si Kei—*kwanan* dala ang tubig at plato na may Crema de Pruta.

**"Akin."** Sabi ko habang naka-abang ang mga kamay.

Inabot naman niya sakin yon bago ibaba ang basong dala rin niya sa lamesita.

**"Jay?"** Tawag niya sakin pag-upo sa tabi ko.

Taka ko naman siyang tinignan habang ngumunguya.

**"What's my name?"**

**"Watson."**

**"That's my surname. I'm asking about my first name."**

Tinigil ko ang tangkang pagsubo. **"Bakit? Hindi mo na alam ang pangalan mo?"**

*May amnesia na?*

**"Because you keep calling me *kwanan*. What does it even mean?"** Tanong niya na mukang iritado na.

**"Kapalit ng pangalan mo."**

Nangunot ang noo niya. **"Why? What for?"**

Hindi ako sumagot at tinuloy lang ang pagkain. Bahagya ko pa siyang tinalikuran dahil sa mapanuri niyang tingin.

*Isipin mo.*

**"Jay? I'm asking you."**

Hindi ko pa rin siya pinapansin. Kahit naubos ko na ang kinakain ko sa plato pa rin nakatuon ang pansin ko. Hanggang sa maisipan kong himudin ang natitirang crema sa plato.

**"Jay! Stop! That's gross!"** Sita ni Kei—*kwanan* at pilit inabot ang plato pero dahil sa layo braso ko nalang ang hinawakan niya.

*Iihhh! Don't touch!*

Agad kong iniwas ang braso ko. **"Ano ba?! Wag mo ko hawakan!"**

**"What's wrong with you?"** Iritang tanong niya.

**"Wag mo nga ako hawakan!"**

**"What the hell is your problem?"**

**"Basta! Wag kang hahawak!"**

**"Tell me why!"**

**"MARUPOK AKO!"** Sigaw ko sa mismong muka niya at tumalikod ulit.

*Tangina ka!*

Hirap na hirap ako sa pag-iwas at pagmamatigas tapos eto ka na naman at tutunawin ang bakal sa aking puso. *Lalim.*

Aminado naman akong marupok ako. Sino bang hindi sa mahal niya? Lalo na ako na naghihintay sa kaniya. Naghihintay ng paliwanag niya. May mga gabi na talagang umaatungal ako ng iyak at hinihiling na dumating na siya. Hinahanap-hanap ko siya—para masampal.

Syempre kailangan kong maging matigas. Paano ko gagawin yon kung pangalan palang niya, tumatalbog na ang puso ko? Minsan pakiramdam ko ako ang tinatawag kahit hindi ko naman pangalan yon. Napapalingon nalang ako sa mga taong binabanggit ang pangalan niya. Muntik ko na ngang papalitan ang pangalan ko.

*Muntik na kong maging si Kei—kwanan.*

Kulang nalang magpatayo ako ng tunay na pader sa tabi ko para lang wag ako maging marupok sa kaniya. Jusko! Ang hirap ng ginagawa kong pagtitiis. Yung tipong pagbalik na pagbalik gusto ko na agad tumakbo palapit sa kaniya at sabakan siya.

Kailangan ko to. Kailangang kailangan ko to. Para sa puso kong hindi pa rin naghihilom pero ang kapal ng ugat masabik.

**"No, you're not."** Sabi niya na kina-irita ko.

*Bakit marunong ka pa sakin?*

Nilingon ko siya at seryoso ang muka niyang nakaharap sakin.

**"Coz if you are, bakit mo ko tinitiis ng ganito?"**

**"Ano gusto mo? Salubungin kita with open arms?"** Sarcastic na tanong ko.

**"No, but at least care to listen to me."**

Hindi ko siya pinansin at tinalikuran nalang. Inabala ko ang sarili ko sa math problem na pinapa-sagutan niya. Hindi ko na nga alam kung tama ba to. Basta nalang ako naglalagay ng number.

**"See what I'm talking about."** Sabi niya at bigla nalang tumayo.

*Galit ka na nyan?*

Pasimple ko siyang sinundan ng tingin. Tuloy-tuloy siyang naglakad palabas ng pinto. Natanaw ko siya hanggang dalampasigan pero nawala din matapos ang ilang segundo.

Napatayo ako sa kinauupuan ko. Mukang tinangay na ng lamang dagat ang gago. Inayos ko muna ang mga papel bago lumakad para sundan siya.

Katirikan pa naman ng araw kaya hindi ko maiwasan hindi mapa-aray kapag dumidikit ang buhangin sa paa ko. Kahit naka-slippers ako pakiramdam ko tumatagos pa rin ang init.

*Peke yata tong hawaiinas na to.*

**"Kwanan!"** Tawag ko sa kaniya pero walang sumasagot.

Naglakad-lakad pa ko dahil baka nasa malapit lang siya. Pati mga puno-puno sinilip ko na din dahil baka umakyat lang siya at pinagtaguan ako.

**"Kwanan!"** Tawag ko pero wala pa rin.

Hanggang sa may matanaw akong natayo sa tuktok malaking bato kung saan ako tumakbo kahapon. Nilapitan ko yon at pilit siyang sinilip mula sa baba.

**"Kwanan! Andyan ka lang pala!"** Sabi ko pero hindi man lang siya lumingon.

Mukang hindi niya narinig. Sinubukan kong umakyat para makalapit sa pwesto niya pero nasa kalagitnaan palang ako ng lumakad siya papunta sa dulong bahagi ng bato.

**"Hoy! Kwanan!"**

**"That's not my name."** Sabi niya na halos bulong nalang sa pandinig ko.

**"Ano?"**

**"Hindi *kwanan* ang pangalan ko."** Paglilinaw niya.

Binilisan ko pa ang pag-akyat. Halos ilang beses nagasgas ang tuhod ko sa pagmamadali. Pagdating sa tuktok nasa dulong bahagi na ang lintik na Hari ng mga Ulupong. Dahan-dahan ang bawat hakbang ko dahil sa mga bato.

*Pag-ako nabalitan ng buto, iuntog ko siya dito.*

**"Hoy! Kwanan!"** Tawag ko sa kaniya habang lumalakad palapit

Inis siyang humarap sakin. **"Stop calling me that."**

Napanguso naman ako dahil mukang napipikon na talaga siya. Sandali akong napahinto ng mapansin kong wala pala siyang pang-itaas na damit. Kitang-kita ko ang balat niya at ang...*uh-la-la.*

*Palaman, palaman po kayo dyan.*

**"A-ano bang problema?"** Pilit kong pag-babalik sa wisyo ko.

**"Say my name."** Utos niya.

**"Bakit ba?"**

**"What's wrong with my name?"**

**"Bakit ba pinipilit mo kong banggitin pangalan mo?"**

Napailing siya at tila naubos na talaga ang natitirang pasensya. Bahagya siyang umikot at humakbang.

**"This is pointless—fvck!"**

**"Keifer!"** Sabay naming sigaw ng madulas siya at mahulog.

*Waaahh! Shunga!*

Agad akong lumapit sa kinatatayuan niya kanina. Pilit kong sinilip ang ibaba. Kahit tubig ang babagsakan delikado pa rin.

*Asan na yon?*

Ganun nalang ang gulat ko ng lumutang ang katawan niya pero parang wala siyang malay. Likod kasi niya ang unang umangat at nakasubsob pa rin sa tubig ang ulo. Agad akong nataranta dahil baka may masamang nangyari na sa kaniya.

Agad akong tumayo, alanganin kung babalik ako mula sa parehong inakyatan ko o tatalon nalang ako para mas mabilis. Pero baka mawalan din ako ng malay, patay kaming dalawa. Pating na makikinabang samin.

*Bahala na si Batman, wala si Eman.*

Pinisil ko ang ilong ko at pikit matang tumalon sa dagat. Ramdam ko ang sakit ng pagtama ng tubig sa binti at katawan ko. Mabilis akong lumangoy pataas at hinanap ang bangkay—este, katawan ni Kei—*kwanan.* Agad akong lumangoy palapit sa kaniya.

Kitang-kitang ko ang gasgas sa braso at tagiliran niya na malamang na tumama sa bato ng madulas siya. Nakita ko din ang hindi pa ganun katuyong sugat niya sa likod. Tama ng baril.

Agad kong inangat ang muka niya at tinapik-tapik ang pisngi niya.

**"Huy! Gising!"** Nag-mamakaawang paki-usap ko pero wala man lang ako narinig na sagot.

*Oy! Wag ganiyan!*

Hindi ko maiwasan na hindi matakot. Hindi ko alam kung anong gagawin ko sa kaniya. Kapag naman wala pa rin akong ginawa baka mas lalo siyang mapahamak.

Malapit-lapit na kong maiyak nang maalala ko ang ginagawa sa mga nalulunod. Mouth to mouth *resushinginamers*. Basta ayon!

Kahit hindi ko naman alam kung anong tamang paraan para gawin yon, sinubukan ko pa rin. Piniga ko ang panga niya para bumuka ang bibig niya at saka ko naman nilapit ang bibig ko para bugahan siya ng hangin. Pero feeling ko baka mamatay siya sa amoy ng hininga ko.

*Lalong nalintikan.*

Lumayo ako para tignan siya pero wala pa rin siyang malay. Tinapik ko ulit ang pisngi niya bago ulitin ang *resushinginamer*s. Ibubuga ko na sana ang hangin sa bibig ko ng may bigla humawak sa batok ko kaya mas lalong napadiin ang pagkakadikit ng bibig ko sa kaniya.

Nahampas ko nalang ang walanghiya lalo ng gumalaw ang labi niya. Buong lakas ko siyang tinulak at mabuti nalang bumitaw din siya.

**"Bwisit ka! Tarantado ka talaga!"** Galit na sabi ko.

Nakatawa lang ang walanghiya pero bakas pa rin ang pag-inda niya sa sakit na nakuha mula sa pagkakadulas.

**"Your kiss save me."**

**"Ulowl! Ano ka si sleeping beauty? Nagising sa halik?"**

Napailing siya bago tumingala mula sa nilaglagan niya at tinalunan ko. Pansin ko agad ang gasgas sa balikat niya. Mukang hindi yata naging maganda ang pagkakadulas niya.

*Oo, nalaglag nga eh.*

**"Punyeta ka! Kung ano-ano kasing inaarte mo, nadulas ka tuloy! Kung napuruhan kang lintik ka?!"** Sermon ko at nakangiti naman siyang humarap sakin.

**"You have nothing to worry about. That's actually a great spot for cliff diving."**

**"Bakit hindi ako mag-aalala? Kung napuruhan ka, paano ako uuwi? Habang buhay na ko dito habang pinapanood ang bangkay mong nabubulok?"**

Bigla nalang siyang tumawa ng malakas. Mukang wala naman talaga akong dapat ipag-alala. Luko-luko pa rin naman siya.

*Ulupong pa rin.*

**"You can eat my corpes so you won't be hungry."** Sabi niya at agad ko siyang sinabuyan ng tubig.

**"Gutumin ako, pero hindi ako cannibal!"** Inis na sabi ko sabay irap. **"Hindi ka rin mukang masarap."**

Tinignan niya ko ng may pagnanasa. **"Would you like to try and taste me."**

*Ay si—ay hindi! Eew!*

**"Lulunurin kita!"** Banta ko at malakas na tawa naman ang sinagot niya.

Inis akong lumangoy palayo sa kaniya. Pero hindi pa ko nakakalayo ng tuluyan ng may humawak sa bewang ko.

**"Ano ba?!"** Para akong isda na nagpapa-pasag.

**"Stay close."** Sabi niya nagsimula lumangoy.

Dahil hawak pa rin niya ko, tangay niya ko hanggang sa makarating kami sa dalampasigan. Nauna akong umahon sa kaniya, sabay salampak sa buhanginan. Wala na kong pake kung balutin ako ng buhangin.

Sumunod naman siya at naupo sa tabi ko. Napansin ko agad ang binti at hita niyang namumula at nanginginig. Tinitigan ko yon at dun ko lang napansin na isa yong malaking gasgas. Parang natuklap ang ilang bahagi ng balat niya.

*Tapos nasa tubig dagat siya.*

**"Hindi mo ba nararamdaman yan?"** Medyo gulat na tanong ko habang nakaturo sa binti at hita niya.

Tinignan niya yon sandali. **"Of course I do. But salt water will help to disinfect it."**

**"Kahit na! Ang hapdi kaya niyan."**

Bahagya siyang ngumiti. Alam kong babanat na naman ang pang-aasar ang walanghiya kaya agad akong tumayo.

**"Bumalik na tayo. Linisin mo yan."** Aya ko at inalok ang kamay sa kaniya.

Tinanggap naman niya yon at tumayo. Kitang-kita ko ang pag-ngiwi niya dahil sa sakit pero agad niyang binago ang ekspresyon para hindi ko mahalata.

Ewan ko ba pero nakaramdam ako ng inis. Ganyan din ang ginawa niya nung nabaril siya. Bakit ba parang takot siyang ipakita na nasasaktan siya? Para namang kabawasan sa pagkalalaki niya yon.

Akmang hahakbang siya ng mapahinto siya. Hindi siya nagsasalita pero kita ko ang pamumutla niya. Ilang beses din siyang napabuga ng hangin.

*Hawakan ko kaya yung sugat.*

**"Hindi ka makalakad?"** Iritang tanong ko. **"Sakit no? Isigaw mo na. Nahiya ka pa."**

Agad kong tinignan ang paligid para maghanap ng pwede niyang magamit. Pero puro palapa lang ng niyog ang nakikita ko. Hanggang sa meron akong maisip.

Kinuha ko ang pinaka-malaking palapa na nakita ko. Mga tatlong palapa ang nakuha ko at pinagsama-sama. Hinarap ko si Kei—*kwanan,* at tinuro ko sa kaniya ang ginawa ko.

**"Sakay."** Utos ko.

**"What?"**

**"Sakay na."**

Tinignan niya ang mga palapa bago ako tignan ng may pag-aalala. **"I don't think this will work."**

**"Sumakay ka nalang. Ako ng bahala."** Pagpupumilit ko.

Kahit halatang hindi sigurado, sumakay pa rin siya at naghanap ng komportableng pwesto. Lumapit ako sa kabilang dulo kaya nakatalikod siya sakin. Sinimulan kong hatakin ang palapa pero isang hakbang palang nadapa na ko.

*Kingina! Ang bigat!*

**"Jay?"** Tawag sakin ni Kei—*kwanan.*

**"Wag kang magulo! Nag-stretching ako."**

**"I can still walk—."**

**"Ay hindi! Kulang nalang umiyak ka sa sakit tapos maglalakad ka pa. Manahimik ka dyan!"**

Hinawakan ko ulit ang dulo ng mga palapa at binatak. Sa pagkakataon na to meron na kong bwelo kaya nahatak ko na ng maayos. Mabuti nalang talaga at pino ang buhangin kaya walang sagabal hanggang sa madala ko siya sa harap ng bahay.

Hingal aso ako pagbitaw ko. Lahat yata ng kinain ko naubos bigla. Kahit basa ako ng tubig dagat alam kong pinagpapawisan ako.

**"Jay?"** Tawag na naman niya.

Agad akong lumapit sa kaniya ng makita kong sinusubukan niyang tumayo. Tinulungan ko siya hanggang sa makaupo siya ng maayos sa hamba ng terrace.

Napabuga siya ng hangin. Hinarap niya ko ng makaupo ako sa tabi niya.

**"Are you okay? You should have let me walk."**

**"Andito na tayo. Wag ka ng magreklamo."** Inis na sagot ko bago tignan ang binti niya. **"Dapat linisan na natin yan."**

Tumayo ako at tinulungan ulit siyang tumayo. **"Maligo ka muna."**

**"Paliguan mo ko."** Seryosong sabi niya.

Muntik ko na siyang mabitawan. Hindi lang dahil sa nagtagalog siya kundi dahil sa mismong sinabi niya. Seryoso pa siya habang sinasabi yon at nakatingin sakin.

*Tarantadong to.*

**"Uupakan kita!"**

**"Come on. I'm injured."** Nakatawang sabi niya.

Napangiwi ako. Ang hirap na ngang hindi pansinin ng hubad niyang katawan tapos ngayon gusto pa niyang paliguan ko siya. Lintik na yan!

Hindi na ko nagsalita at tinulungan siyang maka-akyat sa hagdan. Panay ang bulong niya ng daing dahil sa sakit.

Akala ko sa ibang kwarto siya magpapahatid pero nagpadiretso siya sa kwarto kung saan ako natutulog—na tinutulugan din niya.

Binuksan ko ang pinto ng banyo at tinapat siya sa ilalim ng shower. Binitiwan ko siya at agad na lumapit sa cabinet para mahanap ng towel at nilagay yon sa sabitan malapit sa kaniya.

**"Kaya mo na yan. Iwan na kita."** Sabi ko at sumilay na naman ang nakakainis na ngiti niya.

*Babasagin ko sa suntok ngipin nito eh.*

**"You don't wanna help me? How about joining me?"**

Agad kong dinampot ang pinaka-malapit na bote ng lotion at ambang ibabato sa kaniya.

**"I'm injured! I'm injured!"** Sigaw niya habang nakaharang ang mga kamay sa harap niya.

**"Hindi ka titigil? Injured ka na ngang hayop ka, nambu-bwisit ka pa rin!"**

Tumawa lang siya ng malakas. Binaba ko ang bote ng lotion at iniwan siya. Sinara ko ang pinto ng banyo at lumabas muna ng kwarto.

Kailangang magamot ang sugat ng gagong yon. Hindi ko alam kung meron ba, kahit first aid kit dito. Naisipan kong silipin ang ibang kwarto. Sa unang pinto, kama lang ang natagpuan ko. Sa ikalawa naman ay banyo. Ang ikatlo naman ay storage room. Napatingin ako sa pinaka taas ng may makita akong lalagyan na mukang pang-gamot.

Inabot ko yon at dinala pabalik sa kwarto. Pagbukas ko ng pinto bumungad ang naka-short pero walang shirt na Kei—*kwanan.*

**"Tapos ka na?"**

Humarap sa kaniya. **"Yeah."**

Tinignan niya ang dala ko kaya inabot ko sa kaniya. **"Gamutin mo sugat mo. Ako naman maliligo."**

Tinanggap naman niya ang hawak ko. Dumiretso ako sa banyo at ni-lock ang pinto. Ako naman ang naligo at nag-ayos. Mabuti nalang talaga at maraming damit dito.

Paglabas ko ng banyo, tapos na niyang lagyan ng gamot ang binti at balikat pero hindi pa rin siya tapos sa tagiliran.

**"Akin na nga."** Inagaw ko ang hawak niyang bulak at naupo sa tabi niya.

Bahagya naman siyang gumilid para mapaharap sakin ang lalagyan ng sugat. Unang dikit palang kumibot na kagad siya.

**"Dahan-dahan na to!"** Sabi ko.

**"I know."**

Tinuloy ko nalang ang ginagawa. Mabuti nalang at natapos ng walang naririnig na reklamo sa kaniya. Tinulungan ko siyang mag-suot ng damit.

**"Ayan! Kasi! Next time tangahan mo pa!"** Sermon ko at inirapan naman niya ko.

**"This is your fault. Because you keep calling me *kwanan*."**

*Ay wow.*

Sinundot ko ang sugat niya sa braso. Muntik na siyang mapasigaw sa sakit. Pinandilatan ko naman siya ng tignan niya ko ng masama.

**"Sino may kasalanan?"**

**"M-me."**

Plastik ko siyang nginitian. **"Wala kang laban. Hawak ko sugat mo."**

**"And my heart."**

*Ay powta.*

Nangunot ang noo ko sa kaniya. Talagang hindi siya papayag na hindi makahirit.

**"Daming alam. Ako na magluluto. Nakakahiya naman sayo."** Presinta ko.

**"What will you cook?"**

**"Kahit ano basta pwedeng i-prito."**

Napangiwi siya. **"I think there's a frozen fish in the freezer. Defrost it and cook the way you want it."**

Tumango nalang ako at lumabas ng kwarto. Dumiretso ako sa kusina at lumapit sa refrigerator. Nakita ko naman ang isdang sinasabi niya.

Nilabas ko yon at nilagay sa lababo para mabuhusan ng tubig. Habang hinihintay ang matunaw ang yelo kinuha ko na lahat ng kailangan ko. Sinalang ko na ang kawali at binuksan ang kalan. Nang mainit na kawali tsako nilagay ang mantika.

Nilapitan ko ulit ang isda pero hindi pa rin pala tunaw ang yelo. Bahagya pa kong natawa ng tumapat ang agos ng tubig sa bibig ng isda.

**"Kawawa ka naman. Nalunod ka na."** Sabi ko at  mas binuka pa ang bibig ng isda.

Naisipan kong paglaruan pa ang isda. Nariyang palanguyin kong pilit sa tubig at pilit buksan pa ang mga bibig para pasukin ng agos ng tubig. Naisipan kong barahan ang drainage ng lababo para lumalim pa ang tubig at mapalubog ko silang lahat.

*Lunod silang lahat.*

Sandali ako napatigil ng maka-amoy ako ng nasusunog. Hindi ko nalang pinansin at binalikan ang isdang nalulunod.

**"JAY-JAY! BEHIND YOU!"** Malakas na sigaw ni Kei—*kwanan* nagpa-iktad sakin.

Nang tignan ko ang nasa likod ko, may apoy na ang kawali. Nataranta ako at natakot kaya ginamit ko ang mga palad ko para sumalok ng tubig at sabuyan ang apoy pero mas lalo pang lumaki.

Napasigaw nalang ako ng muntik abutin non ang kisame.

**"Sunog! Sunog!"** Sigaw ko at akmang lalabas pero sinalubong ako ni Kei—*kwanan* at hinubad ang damit.

Nilublob niya yon sa lababong puno ng tubig bago palatag na binato sa kawaling may apoy.

Tulala ako, kahit wala ng apoy hindi pa rin ako makagalaw dahil sa takot. Hingal na lumapit sakin ang Hari ng mga Ulupong habang iika-ika. Niyakap niya ko.

**"Sshh... It's okay. No one got hurt."**

Kusa nalang yumakap ang braso ko sa kaniya. At kusa nalang din lumabas ang mga luha ko. Naiyak ako dahil sa takot at panghihinayang.

*Wala na kaming paglulutuan. Wala ng hapunan!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 329

**A/N:** Natuwa ako, mabilis kong natapos isang chapter. Akala ko makakabuo ako madami last week. Kaso nakilala ko **Demon Slayer**, ayun nahumaling ang tropa niyo.

I hope you enjoy.

**Shoutout!**

Chelsey Faith Hiceta

**Happy Birthday!**

Yoan Suare

**Truth Hurts**

***Jay-jay's POV***

**"What the hell are you doing?!"** Inis na tanong ni Kei—*kwanan.*

Napanguso ako habang nagma-map ng sahig. **"Nag-luluto."**

**"Your cooking what? Fire? We'll eat fire for dinner?"** Sarcastic na sabi niya at mas lalo akong napanguso.

Matapos akong patahanin sa pag-iyak, ngayon naman sine-sermunan niya ko. Parang gusto ko ulit tuloy maiyak.

*Malay ko bang aakyat ang apoy sa kawali.*

**"Ang tagal kasi matanggal ng yelo sa isda."** Katwiran ko.

**"You should have wait before turning on the stove."**

Napakamot ako sa ulo bago ituloy ang pagpunas sa sahig. Dahil sa ginawa kong pagsaboy kanina, nagkalat ang tubig at ilang talsik ng mantika. Ako na ang nagprisinta mag-linis dahil alam kong nahihirapan na si Kei—*kwanan* sa palakad-lakad.

Matapos maglinis, tinabi ko na ang pang-mop at binalikan siya sa kusina. Abala siya sa ginagawang pagtuhog ng barbecue stick sa isda.

**"Anong ginagawa mo?"**

**"I haven't check if the stove is safe to use, so we'll cook this on direct fire."**

Tinignan ko ang kalan na kakatapos ko lang linisin bago magpunas ng sahig. Nanghinayang ako bigla dahil may kamahalan pa naman ang ganitong brand.

*Mycaella Nicole tatak matibay, tatak mayaman, tatakbuhin.*

**"Let's go outside."** Aya ng Hari ng mga Ulupong habang dahan-dahang tumatayo.

Agad akong lumapit sa kaniya para tulungan siya. Dahan-dahan ang bawat hakbang niya kaya inabot din kami ng ilang minuto bago makalabas.

**"Saan ba punta natin?"** Medyo inis na tanong ko.

**"I'm looking for a—."**

**"Utang na loob *kwanan*."** Putol ko sa sasabihin niya. **"Ang gwapo ng accent mo, pero magtagalog ka na. Ubos na ubos na dugo sa utak ko."**

Mahina siyang tumawa. **"Gwapo accent ko, o gwapo ako?"**

*At humirit na nga.*

Mahina ko siyang tinulak na kinagulat niya. Nanlalaki pa ang mga mata niya habang mahigpit na naka-kapit sakin.

**"Humirit ka pa. Subsob ka sa buhangin."** Banta ko.

**"What?"** Nakatawang tanong niya.

**"Tagalog!"**

**"Nag-a-adjust pa ko. I stayed in London for more than a month. Of course my brain will adjust to adapt. Kung puro english ang naririnig ko mag-e-english din ako. It become my natural reflexes when someone talks to me."** Paliwanag niya bago huminto sa paglalakad.

**"Ang taray may pa-ganon."**

**"Haven't you notice other Filipinos that stayed in places without tagalog speaker. They unintentionally forget to speak tagalog, because their brains adapt to its environment."** Dagdag pa niya.

*Ang smart naman. Salamat sa pagpapamuka na bobo ako.*

**"Edi ikaw na."** Bulong ko pero mukang narinig pa rin niya.

**"I'm explaining for you to understand. Kaya wala kang natututunan sa klase eh."**

*Ay wow! Reality check ba to?*

Bumitaw siya sakin at lumapit sa malaking sanga ng kahoy na nakabanladra sa buhanginan. Naupo siya don at inunat ang binti na may sugat na parang ang sarap sabuyan ng tubig dagat at buhangin.

**"Gather some branches. Gagawa tayo bonfire para dun maluto ang mga isda."**

Inirapan ko naman siya bago maghanap ng mga sanga. Pati tuyong palapa ng niyog sinama ko na. Lahat ng yon nilapit ko sa kaniya bago pumasok sa bahay at kuhanin lahat ng kailangan. Binigay ko muna ang lighter at iniwan ang isda na naka-tray sa tabi niya. Bumalik ako sa bahay para kumuha ng plato at iinumin namin.

Pagbalik ko may apoy na at nakasalang na sa tabi ang mga isda. Binaba ko sa tabi niya ang mga dala ko bago maupo sa buhanginan.

**"Sit here."** Aya ni Kei—*kwanan* habang tinatapik ang tabi ng inuupuan niya.

Sa totoo lang mainit ang inuupuan ko. Wala naman siguro masama kung uupo ako sa tabi niya. Tumayo ako at lumapit sa kaniya. Naupo ako sa tabi niya bago ayusin ang mga plato.

*Nagugutom na ko.*

**"Matagal pa? Nagugutom na ko."** Sabi ko at pinagmamasdan ang mga isda.

**"What's new."** Parinig ng katabi ko na kuwaring inaayos ang mga gatong sa apoy.

**"Itutulak kita dyan sa apoy."** Banta ko pero tiwanan lang niya ko.

Niyakap ko nalang ang tuhod ko bago ipatong don ang baba ko. Padilim na ng padilim ang langit. Nagsisimula na ding magwala ang mga alaga ko sa tyan.

Maganda din palang manood ng sunset sa dalampasigan. Pero mas masarap panoorin ang mga isdang naluluto na.

**"Maganda din tong isla na to. Saang probinsya ba to?"**

**"I'll show you on the map later. And maybe help me name this island."** Sabi niya kinuha ang barbecue stick malapit sa kaniya.

Sinilip-silip niya ang isda bago ibalik sa tabi ng apoy.

*Mukang hindi pa luto.*

**"Walang pangalan ang isla na to?"** Tanong ko at tumango naman niya.

Na-iintriga tuloy ako. Alam kong maraming isla ang Pilipinas pero wala akong ideya na pwedeng angkinin ang isang buong isla.

**"Ano namang pumasok sa isip mo at binili mo to?"**

Tinignan niya ko na para bang sinasabi niya na '*obvious ba?*'. Napatango-tango nalang ako. Para makapag-usap kami.

Inis akong ngumisi bago paglaruan ang buhangin sa paanan ko.

*Makapag-usap. Gago.*

Mabuti nalang at naluto agad ang ibang isda. Tinulungan ko siyang ilipat yon sa plato bago simulang kumain.

**"Takaw."** Pang-aasar niya pero hindi ko siya pinansin.

Ayokong may masabing hindi maganda kaya pinili ko nalang kumain ng kumain. Naiinis na naman ako dahil naalala ko na naman ang dahilan kung bakit ako dinala ng hudlong na to sa lugar na to.

Kung hindi ako nagkakamali, Friday ako dinala ng animal na to sa lugar na to. Saturday na ngayon at Sunday na bukas. Dapat maka-uwi na kami bago mag-lunes o lunes ng umaga.

Matapos kumain, niligpit ko na ang mga gamit namin. Pabalik-balik ako para lang maipasok lahat ng gamit na inilabas ko.

Nang matapos na lahat, binalikan ko si Kei—*kwanan* para matulungan siyang maglakad.

**"Tara na. Pumasok na tayo sa loob."** Aya ko at hinawakan ang braso niya para itayo siya pero pinigilan niya ko.

**"Can we stay here for a while?"** Tanong niya habang hawak ang kamay ko.

Gusto ko sanang tumanggi pero parang nagpapa-awa ang itsura niya. Kulang nalang umiyak siya.

*Rupok din.*

Inalis ko ang pagkakahawak niya sa kamay ko bago naupo sa tabi niya. Kita ko ang pag-ngiti niya na para bang tuwang-tuwa siya na pumayag ako.

Sakto ang init ng apoy sa lamig ng hangin galing sa dagat. Kaya hindi naging problema samin ang paghangin.

**"Bakit ang tahimik mo?"** Tanong niya sakin.

**"Wala naman ako sasabihin."**

**"You can ask anything."**

Napairap ako. Alam ko na gusto niyang mangyari. Magtatanong ako hanggang sa mabuksan ang usapin ng ginawa niya at makapag-paliwanag siya.

Hindi ko alam kung bakit atat na atat siyang ipaliwanag ang ginawa niya. Siguro nagbaba-kasali siya na magka-ayos na kami pagkatapos niyang magpaliwanag.

*Siopao.*

**"Ano bang gusto mong marinig?"** Inis na tanong ko.

Pagbibigyan ko siya. Kung gusto niyang pag-usapan, sige pag-usapan. Para matapos na din. Bahala ng umuwi ng sugutan ang puso.

Dinig ko ang pagbuntong hininga niya. **"Let's talk about it. Please."**

Tumango ako at nag-pilit ng ngiti. **"Sige. Pag-usapan natin. Nang matapos na."**

Napabuga ako ng hangin. Wala pa pero ramdam ko na ang pag-higpit ng hininga ko. Maka-ilang beses ko ding kinagat ang labi ko para lang kontrolin ang emosyon ko.

*Wag kang iiyak!*

**"The plan to use you and get even to Aries is true."** Panimula niya at nagsimula na ding bumagsak ang luha ko.

Narinig ko na non, pero masakit pa rin pala kapag narinig ulit. Yun palang sinasabi niya pero parang poso na naglabas ng luha ang mga mata ko.

**"I'm so mad at him. Kaya ng makita kong apektado siya sa ginagawa namin sayo, I ask Rory and Edrix to gather information about you. Dun ko nahanap ang adoption paper ni Aries at birth certificate niyong dalawa."** Paliwanag niya.

Kaya pala ang bilis niyang nalaman ang totoo. Mas nauna pa siyang maka-alam kesa sakin. Pati private information nakuha din niya. Ibang klase din.

**"Our classmates and friends knew everything. Galit din sila sa kapatid mo dahil sa ginagawa nila sa section namin."**

Napapikit ako ng bumalik lahat ng sakit. Kung paano ko sila tignan bilang kaibigan pero may ibang nangyayari pala sa likod ko. Masakit maloko ng jowa pero iba ang sakit kapag mga kaibigan na ang nanloko.

**"They know the plan from the start but not the end because we all stop in the middle."** Sabi niya at tinignan ko siya na puno ng paet.

Sinubukan niyang abutin ang muka ko pero tinabig ko ang kamay niya. Ilang beses pa niya ginawa yon hanggang sa ang pagtabig ko sa kamay niya ay nauwi sa paghampas ko sa kaniya. Hindi siya umiwas, tinanggap lang niya lahat.

**"Tangina mo! Bakit kailangan mo kong idamay na walang kinalaman sa inyo?"** Sumbat ko at hinampas siya sa dibdib. **"Galit na galit ka kay Aries dahil inagaw niya si Ella? Hindi ka naman niya**

**minahal!"** Hinampas ko ulit siya. **"Kung ayaw talaga niyang magpa-agaw hindi siya magpapa-agaw! Ganun lang ka-simple yon pero hindi mo naisip kasi ma-pride ka masyado! Kaya plinano mong gumanti!"** Hinampas ko ulit siya pero wala ng lakas yon.

**"I-i know."** Sagot niya na may basag na boses.

**"At ako? Akong walang kamalay-malay sa punyetang buhay niyo! Idinamay mo!"** Hahampas ko pa sana siya pero naunahan na ko ng pag-iyak.

Mas malakas pa sa naging iyak ko non. Mas doble ang sakit ngayong kaharap ko na ang malinaw na katotohanan.

**"Anong ginawa ko sayo?"** Tanong ko at hindi ko namalayang nakasandal na ko sa dibdib niya. **"Inipit niyo ko sa gulo niyo?! Mula sa plano mo! At sa plano ni Yuri! Pare-pareho kayong maka-sarili!"**

**"I am selfish."** Pag-amin niya habang mahigpit na nakayakap sakin. **"But believe me when I say that I love you. And they know, the whole Section E knows."**

Sinubukan ko siyang itulak pero dahil sa kawalan ng lakas nawalan din ng saysay yon. Ramdam ko ang malalim niyang paghinga at ang panginginig ng dibdib niya.

**"Kusa akong huminto ng hindi ko namamalayan. At ganun din sila. Because they knew that I'm already falling in love to you. They never complained because they care about you. You made them care for you."** Dagdag niya.

Lalo akong naiyak sa mga sinabi niya. Natatakot akong maniwala. Baka plano na naman niya to pero kusa akong kumakapit sa mga sinasabi niya lalo na't damay ang mga Ulupong na yon.

*Tarantadong mga Ulupong yon.*

**"But I need to push you away. Dumadami ang kalaban ko. Mas marami pa sa mga kaaway namin sa kalye."** Hinalikan niya ko sa ulo. **"Saving you is a must. Mula sa halimaw na yon, sa mga kamag-anak ko at sakin."**

Sandali akong napa-isip sa huling sinabi niya. Dahan-dahan akong lumayo sa kaniya at nakita ko ang mga luha niya. Hindi ko alam na umiiyak din siya.

**"A-ano?"**

**"Remember how I get mad?"** Tanong niya at tumango ako. **"I don't want to ended up like my Dad. Natakot ako. So, I told myself to change**

**that and save you away from me. At kasama yon sa dahilan ng paglayo ko."**

Panay pa rin ang pagsinghot ko. Hindi ko maintindihan kung bakit gusto niyang baguhin ang bagay na yon. Para saan? Ano kung magalit siya? Normal sa tao na magalit.

**"B-bakit gusto mong baguhin ang sarili mo?"**

**"For me, for you."** Hinawakan niya ang dalawang kamay ko. **"For us."**

*Sakin? Samin?*

Hindi dapat ako basta maniwala sa sinabi niya. Pero parang totoo. Paano nga kung totoo?

**"Ang paglayo ko ang paraan ko para mailigtas ka. Pero hindi ko sinayang ang bawat pagkakataon na malayo tayo sa isa't-isa. Ginawa ko lahat ng dapat kong gawin. I learned a lot and become a wiser person to protect you. I'm strong enough now to be with you."** Paliwanag niya at hinawakan ang dalawang pisngi ko. **"Kahit si Angelo kaya kong harapin."** Dagdag niya at mahinang tumawa.

**"Bakit hindi mo nalang sinabi sakin ang totoo?"**

**"I know you. Hangga't kaya mong tumulong, tutulong ka. At malalaman din nila ang totoo. They will surely find a way."**

Inalis ko ang mga kamay niya. **"Paano ka naka-siguro na kapag tinaboy mo ko wala ng magtatangka sakin galing sa mga kalaban mo?"**

Kulang nalang paalala ko lahat ng kumidnap sakin. Sa susunod ililista ko mga pangalan nila.

**"Angelo knows about my plan. Kaya kung wala ako, siya ang p-protekta sayo."** Sabi niya at bahagya akong naguluhan.

*Si Kuya Angelo.*

**"...at isa pa, andyan ang mga kaibigan natin. I never cut my connection with them."**

*Ay sabi ko na.*

Nakaka-usap ng mga Ulupong na yon ang lalaking to. Humanda sakin ang mga yon pagbalik namin.

**"B-bakit sila tinatawagan mo? Bakit ako hindi? Minsan lang tayo nagka-usap**. **Tapos nag-panggap ka pang ibang tao! Gagongbaliw!"**

Ngumiti siya. **"You knew already. Makikipag-usap ka ba kung alam mong ako yon?"** Natigilan ako ay napaisip sa sinabi niya. **"And besides, why would I call you when I can visit you?"**

Nangunot ang noo ko. **"Ano?"**

**"Hindi kita matiis. May panahong gustong-gusto kitang makita kaya tinatawid ko ang pagitan ng London at Pilipinas. I even bought a private jet so I can travel secretly."**

*Ay wow, barya lang?*

Hinampas ko siya. **"Umuuwi ka na pala, bakit hindi ka nagpapakita sakin?"**

**"Baka hindi na ko umalis kapag nagpakita ako sayo."**

Hindi ko na alam ang dapat kong sabihin. Lahat ng yon ginagawa niya nung mga panahong malayo kami sa isa't-isa. Samantalang ako iniisip ko kung may babae na ba siya don.

*Bakit ako na-g-guilty?*

**"N-nagawa mo naman lahat ng dapat mong gawin?"** Tanong ko at umiwas ng tingin.

Pilit niyang inabot ang kamay ko at mahigpit na hinawakan. Sinubukan kong agawin yon pero ayaw niyang bumitaw. Lumapit pa siya sakin para lang mayakap ako. Tinulak ko siya pero hinigpitan niya ang yakap

*Wala na kong lakas.*

**"Mostly but not all. May problema pa rin ako sa mga kamag-anak kong naghahabol ng mana. And of course, that monster who killed my Mom."**

Naalala ko kung paano tratuhin si Kei—*kwanan* ng Tatay niya. Parang hindi sila anak at matay niyang habulin ang mana niya.

*Bakit siya ganon?*

**"Paano mga kapatid mo?"**

**"They are also one of the reason why I choose to hurt you. I can't protect you all. So I made a sacrifice."** Paliwanag ulit niya at parang may may kung anong hangin sa dibdib ko.

Para sakin tama lang ang ginawa niya. Mas kailangan siya ng mga kapatid niya. Marami siyang kalaban at kailangan niyang unahin ang pamilya niya. At ganun din ang gagawin ko kung ako ang nasa kalagayan niya.

**"For now, Keiren is under the custody of a friend. While Keigan is under my monitoring. He seems..."**

Hindi niya tinuloy ang sinasabi tungkol kay Keigan.

**"Anong meron kay Keigan?"**

**"I'm afraid to admit but I think, you and Keigan are having the same symptoms."**

At bumalik sakin ang problema ko tuwing nakaka-kita ng dugo. Sa lahat ng nakaka-alam ng sitwasyon ko, sa kaniya ko lang nasasabi ang totoo. Siya lang din ang naghahanap ng malinaw na sagot ng hindi ako pinipilit.

*Siya lang.*

**"M-may mga naaalala ako. Parang bahagi ng nakaraan ko pero nakakatakot."** Sabi ko at bumalik ang mga imahe at panaginip ko.

Napapikit ako at mahigpit na kumapit sa kaniya. Alam kong ramdam niya ang takot ko.

**"Sshh... Don't force yourself to remember."**

**"H-hindi. Kusang bumabalik. Nakakatakot."**

Naramdaman ko ang paghimas niya sa buhok ko.

**"It's okay. I'm here. You have nothing to be afraid of. We'll face it together."**

Ngayon lang naging malinaw sakin. Matapos niyang magpaliwanag naging magaan ang pakiramdam ko. Masyadong mabilis kung sasabihin kong pinatawad ko na siya. Pero gusto kong samantalahin ang pagkakataon.

Matapos ang lahat ng kaguluhan, ngayon lang ako nakaranas ng kapayayapaan.

*Peace men, peace.*

Hindi kami bumibitaw sa isa't-isa na para bang naka-dipende kami sa yakap ng isa't-isa. Ganun ang posisyon namin na paminsan-minsan lang kung bumitaw hanggang sa mamatay ng tuluyan ang apoy.

Naka-akbay siya sakin habang tinutulungan ko siyang maglakad. Pagdating sa sala, iniwan ko muna siya para maghugas ng plato. Sinara ko na rin ang mga pinto kahit alam ko namang walang ibang papasok dito.

Tinulungan ko ulit siyang maglakad paakyat ng kwarto. Balak ko sanang idiretso siya sa katabing kwarto pero nagpadala na naman siya sa kwartong tinutuluyan ko.

Nagpaalam siyang maglilinis muna kaya hinayaan ko nalang. Paglabas niya ng banyo ako naman ang naglinis at nagbihis ng pantulog. Buong akala ko handa na siyang lumipat pero nakahiga na ang hudlong na tukmol paglabas ko ng banyo.

**"Hindi ka pwede dito. Hinayaan lang kita nung nakaraan dahil tulog na ko."** Mahinahong sabi ko.

**"I'm too tired, Jay. Please, I promise tomorrow I'll move to the next room."**

Napahinto ako sandali. Tomorrow? Hanggang bukas pa kami dito? Malilintikan na talaga ako nito. Mas matagal akong mawawala, mas matagal ang proseso ng pagpapahirap sakin ni Kuya.

*Babalatan niya ko ng buhay tapos papaliguan ng sibuyas at bawang.*

Nakasibangot akong humiga sa kama. Iniisip ko na kung paano ang magiging itsura ng burol ko.

**"Do you forgive me now?"** Tanong ni Kei—*kwanan* at lumingon ako sa kaniya.

**"H-hindi ko masabi."**

**"I don't expect you to forgive me that easy. I'll work hard for your forgiveness."** Sabi niya at inabot ang kamay ko.

Tumagilid ako para maharap siya. Ngayon ko nalang ulit siya natitigan ng harapan. Ngumiti siya sakin pero hindi ko magawang suklian.

Akmang lalapit siya sakin para halikan ako pero lumayo ako at hinarap ang palad ko sa muka niya. Tinabig niya ang kamay ko at tinangkang lumapit na naman. Agad ko siyang hinampas.

**"Just one."**

**"Gago!"** Inis na sabi ko at pinaghahampas siya.

Panay lang ang salag niya at pag-tawa. **"Stop. Wag ka malikot, may magagalit."**

Nangunot ang noo ko at huminto. **"Sino?"**

**"Yung reindeer."**

Pagkasabi niya non kusa nalang bumaba ang mga mata ko. Dun ko lang nakita ng maayos na naka-tshirt at boxer lang siya. Suot pa talaga niya yung boxer na regalo ko nung Christmas party.

*Sira-ulo!!*

Agad akong lumayo ay tumalikod sa kaniya. **"Wag ka lalapit sakin!"**

Nahina siyang tumawa. Mabuti nalang at nakisama siya at tumahimik na.

Ilang oras na ang nakalipas hindi pa rin ako makatulog. Panay ang pilit ko sa sarili ko pero hindi pa rin ako makatulog. Naririnig ko ang malalim na paghinga niya na lalong nagpapagising sakin.

*Matulog ka na!*

Kung ano-ano nang naglalaro sa isip ko. Pati maduduming bagay na hindi ko pa naiisip dati. Hindi naman ako ganito ng mga nakaraang araw kaya lalo tuloy akong natakot sa hindi ko malamang dahilan.

**"Jay-jay."** Pabulong na tawag ni Kei—*kwanan*.

**"Ano?"** Mahinang sagot ko.

**"Ready na."** Sabi niya na nagpakunot ng noo ko.

Nilingon ko siya at bumungad sakin ang dilat niyang mga mata. **"Anong ready na?"**

**"Ready nang manuwag ang reindeer."**

Hindi ko maintindihan ang ibig niyang sabihin hanggang sa sumilay ang pilyang ngiti sa labi niya.

*Gago!*

Napabalikwas ako ng bangon at pinaulanan siya ng mura pero pagtawa lang naman ang naging sagot niya. Pinaghahamas ko din siya at....ayun!

Natadyakan ko ang reindeer.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 330

**A/N:** SPG

**S**alt **P**epper and **G**arlic.
Hehehe Siopao. 😂

**Isla Ulupong**

***Jay-jay's POV***

**"The reindeer is injured."**

**"Punyeta ka! Hindi ka ba talaga titigil?"** Inis na sabi ko at pagtawa lang naman ang sinagot niya.

Mula pag-gising hanggang sa pagkain ng almusal ang lintik na reindeer na yan ang bukang bibig niya. Hindi yata siya nasiyahan at gusto pang pangalawahan.

*Tadyakan ulit.*

**"Sinasabi ko sayo!"** Banta ko at tinutok ko sa kaniya ang kutsara.

**"Paano mabubuo panganay natin niyan?"** Mapang-asar na tanong niya.

Gusto kong ibato sa kaniya ang platong nasa harap ko. Kayalang sayang pagkain. Talagang hindi siya titigil hangga't hindi nasisira ang araw ko.

**"I already choose a name for him."** Sabi niya at ngumiti.

*Him?*

**"Paano mo naman nalaman na lalaki panganay mo?"**

**"I'll make sure that it's a boy. Dadaanin ko sa posisyon."**

*Ay shutanginamers.*

Bigla ko nalang nabuga ang kanin na kakasubo ko pa lang. Hindi ko alam kung paano papahabain ang pasensiya ko. Alam kong may kasalanan ako kagabi dahil sa pagsipa ko sa reindeer niya pero kingina naman. Tao lang ako, nananapak din kapag napikon.

**"Wanna know his name?"** Tanong niya at tumango nalang ako para matapos na.

**"Well, my name comes from a verb and I want his name to be the same. I want something that's close to my name. So if I'm Keifer from the word *keep* he'll be..."** Huminto pa siya saglit at ngumiti sakin. **"Caretaker."**

Bigla nalang ako napatawa ng malakas. Muntik pa kong malaglag sa upuan at nang tignan ko siya tuwang-tuwa din siya sa kalokohan niya.

*Hayop na yan! Sinong matinong ama ang magpapangalan ng ganyan sa anak?*

**"Tarantado ka!"**

Napapailing pa siya habang patuloy sa pagtawa. Malamang ko matagal-tagal din niyang pinag-isipan ang pangalan.

**"Then if we will be having a girl. I'll name her... Watcher."**

*Hindi talaga papa-awat.*

Natakpan ko nalang ang mga mata ko ng isang kamay dahil sa kunsume. Kahit benta sakin ang kalokohan niya bwisit pa rin siya. Kapag hindi siya tumigil, baka mabato ko na ang kutsarang hawak ko.

**"Please... Hayaan mo kong mag-almusal ng matiwasay."** Paki-usap ko.

Kahit sumisilay ang makalokohang ngiti niya tumango pa rin siya. Mabuti nalang at hinayaan niya kong kumain ng maayos.

Pagkatapos mag-almusal ako na ang naghugas ng pinagkainan namin. Nakakahiya naman sa kaniyang inayos ang kalan para magamit ulit namin. Ewan lang kung anong pag-aayos ang ginawa niya.

*Kasalanan talaga to ng mga isda.*

**"Are you done?"** Bungad sakin ni Kei—*kwanan*.

Sandali kong pinunasan ang mga kamay ko bago tumango sa kaniya. Inaya niya ko papuntang salas kung saan maraming nagkalat na papel sa lamesita.

**"Ano yan?"** Tanong ko bago maupo sa kawayang sofa.

**"Contract, deed of sale, land title, and some laws regards with ownership."** Paliwanag niya.

Eto nga pala ang pinag-uusapan namin kahapon bago kami mag-iyakan sa harap ng bonfire. Papangalanan namin ang islang to. Hindi ako sigurado kung gaano kalawak ang isla at kung ano ba ang pinagmamalaki nito.

Alam ko kasi may mga isla na pinapangalan sa landmark o trademark na matatagpuan sa lugar. Sa ngayon puro palapa palang ng niyog ang nakikita ko.

**"Isla Palapa."** Sabi ko at napatingin siya sakin. **"Pangalan mo dito sa isla."**

Nag-isip siya sandali bago umiling. **"No. Not so appealing."**

Napanguso naman ako. May punto naman siya don. Kahit saang isla may palapa. Kung yun ang magiging basehan ko dapat buong Pilipinas palitan ng pangalan na Republika ng Palapa.

Sandali ko siyang tinignan. **"Isla Kumag."**

Nangunot ang noo niya. **"Definitely not."**

**"Tukmol Island."** Sunod ko pa at napangiwi na siya.

**"How about Jay's Island?"**

Paulit-ulit akong umiling.

**"Barakuda Island?"**

Tinignan ko siya ng masama. **"Gusto mo malibing ng buhay sa isla na to?"**

Tinawanan lang naman niya ko. Ang sarap niyang ingudngod sa lamesita. Sa susunod talaga kapag nakakuha ako pagkakataon ihahambalos ko ang muka niya.

*Ulopong talaga ang bwisit!*

Sandali akong natigilan ng may pumasok sa isip ko. Meron na kong magandang pangalan para sa isla na to.

**"Ulupong island! Tangina! Pamatay yon! Bagay na bagay kasi Ulupong kang gago ka!"** Sigaw ko habang dinuduro siya.

Nakatingin lang naman siya sakin habang kumu-kurap-kurap.

**"Ulupong island nalang. Papakahirap ka pa sa pag-iisip."** Pag-pipilit ko.

Kinamot niya saglit ang kilay. **"Are you sure about that?"**

**"Oo naman."**

**"Yan na ipapangalan natin sa isla mo?"**

Tumango-tango ako. **"Yes, pangalan ng—."** Natigilan ako ng maisip ang huling sinabi niya. **"Isla nino?"**

**"Yours."** Walang awat niyang sagot.

**"Sa akin?"** Pag-uulit ko habang nakaturo sa sarili ko.

Inosente siyang tumango. **"This is actually for you. Pasalubong ko."**

*Straight from London ang isla na to?*

Nanlalaki pa ang mga mata ko habang unti-unti napapatakip sa bibig dahil sa gulat. Hindi ko alam kung dapat ba kong magpa-salamat o dapat ko bang tanggihan.

Alam kong mayaman siya pero nakakabigla pa rin. Bakit bibigyan ng isla ang isang tao? Magkano ba to? Barya lang ba to? Hulugan ba to? Inflatable island ba this? Nakakawindang!

Naguguluhan ako sa dapat kong gawin. Walang pumapasok sa isip ko at huli ko na napansin na tumatakbo na pala ako palabas ng bahay at sunod na sumigaw ng...

**"ISLA KO TO! AKIN TO!"**

Walang paglagyan ang saya ko. Nagpagulong-gulong pa ko sa sa buhangin bago tumayo at tumakbo palapit kay Kei—*kwanan* na nakatayo sa terrace at nakatingin sakin.

**"Sakin talaga to?! Isla ko talaga to?!"** Tanong ko sa kaniya at ngumiti naman siya bago tumango.

Bumalik ulit ako sa pagtakbo sa buhanginan at tumalon-talon pa.

*Tabi kayo! Mayaman na ko!*

**"YES! ISLA KO TO! HINDI MO NA KO MASISINDAK KUYA ANGELO! MERON AKONG ISLA!"** Ubos hanging sigaw ko. **"WALA KA NANG IPAGMAMAYABANG!"** Dagdag ko pa kasunod ng pagtawa.

Napatingin ako sa dalampasigan ng may mag-dapuang ibon at tumuka ng tumuka. Pinanlisikan ko sila ng mata bago sila sugurin.

**"UMALIS KAYO! ISLA KO TO! RAAWWRRR!"**

*Bawal kayo dito!*

Kanda lipad naman ang mga ibon pero napaubo ako dahil sa kakasigaw. Nagtatakbo nalang ulit ako at babalik sa pagtalon bago magpagulong sa buhanginan.

Pagbangon ko isinabay ko ang pagsaboy ng buhangin sa ere pero bigla nalang humangin papunta sakin.

*Ayun! Bulag!*

Napasigaw ako ng mapuwing ako. Hindi ko maidilat ang mga mata ko kaya hindi ko magawang maglakad pabalik ng bahay. Hindi ko rin magawang umalis mula sa kinatatayuan ko.

**"BULAG NA SI AKO! KWANAN! BULAG NA SI AKO! WALA SI AKONG MAKITA! KWAAAANNAAAANNNN!!"** Buong lakas na sigaw ko para lang marinig niya ko.

Dahil hindi ko alam kung naririnig niya ko gumapang nalang ako. Kayalang hindi ko alam kung tama ba ang direksyon nan tinatahak ko.

**"Kwanan..."** Tawag ko habang umiiyak. **"Bulag na si ako...madilim."**

**"What the hell."** Dinig kong sabi ni Kwanan sa hindi kalayuan.

Bahagya akong tumayo at kinapa-kapa ang paligid.

**"Kwanan. Saan ka?"** Umiiyak na tawag ko.

*Magparamdam ka!*

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. Hinawakan niya ang kamay at tinulungan akong tumayo.

**"Let me see."** Sabi niya at pilit minulat ang mata ko pero napaiyak lang ako sa sakit. **"Tubig lang ang katapat niya."**

Binitiwan niya ko at bigla ko nalang naramdaman ang mga kamay niya sa binti at likod ko hanggang sa umangat ako sa buhanginan.

Nagsimula na siyang maglakad. Dinig ko ang paminsan-minsan niyang pagtawa. Gustuhin ko mang mainis, hindi ko magawa dahil mas nana-naig sakin ang awa sa sarili ko.

Napatigil ako ng may maramdaman akong dimikit sa noo ko.

*Labi ba yun?*

**"My crazy, boyish, war freak, big eater, Queen. I don't know what to do without you."** Sabi niya at bakas ang pagtawa niya.

Agad ko siyang hinampas pero hita ko lang ang tinamaan. Mas lalong lumakas ang pagtawa niya.

Huminto siya sandali bago niya ko dahan-dahang binaba. Pinayuko niya ko.

**"Hold still."** Sabi niya at narinig ko ang langit-ngit ng faucet at agos ng tubig.

Muntik na kong magmura ng maramdaman ko ang init ng tubig sa muka ko. Muntik ko ng mainom ang tubig.

**"Try to open your eyes."** Utos niya na ginawa ko naman.

Agad ko ding pinikit ang mga mata ko dahil sa hapdi ng dampi ng tubig sa mata ko. Kusa din akong lumayo sa agos ng tubig.

**"Tama na."** Sabi ko at agad pinunasan ang muka ko.

Dahan-dahan kong minulat ang mga mata ko. Nang maayos na ang pag-dilat ko hinarap ko ang agad ang Hari ng mga Ulupong.

**"Bulag ka pa?"** Mapang-asar na tanong niya.

*Bwisit!*

**"Kingina ka!"** Inis na sagot ko.

**"You're welcome."**

Pina-ikot ulit niya ang faucet para patigilin ang tubig. Paglapit niya sakin ginamit niya ang dulong bahagi ng shirt para punasan ang kabuuan ng muka ko. Pati leeg at baba ko pinunasan din niya.

**"Ikaw kasi anak, wag malikot. Ayan nabulag ka tuloy."** Tunog nanay na sabi niya.

**"Opo nanay."** Sagot ko naman at tumawa naman siya.

**"Sige. Balik ka na sa pagtakbo, pagtalon at pag-gulong."** Tulak niya sakin.

**"Ayoko na nga—."**

"*JAY-JAY!*"

**"—Ano yun?"**

Sabay kaming napalingon ng marinig ko ang pangalan ko. Malakas na sigaw pero halatang galing sa malayo. Parang taong gubat na sumigaw sa kagubatan.

Sabay kaming naglakad palapit sa dalampasigan. Wala naman kaming makita sa dagat.

**"Nadinig mo din di ba?"** Tanong kay Kei—*kwanan.*

**"Yeah, I heard it—."**

"*JAY-JAY!*"

**"Ayun ulit!"** Gulat na sabi ko at tinignan ang paligid.

"*BARAKUDA!*"

*Ay Gago!*

Kung sino mang hayop ang sumisigaw na yon. Tatanggalan ko siya ng lalamunan.

**"TANGINA MO!"** Mabilis kong sagot.

Bigla nalang nagsunod-sunod ang tawag sa pangalan ko. Dun ko lang napagtanto na hindi lang iisa ang tumatawag sakin.

Hanggang sa napalingon ako sa kabilang bahagi ng isla kung saan ako tumakbo at umakyat ng puno ng niyog. Meron nilalang na tumatakbo palapit samin.

Pina-singkit ko ang mga mata ko para maging malinaw kung sino man siya. Tumatalon pa siya habang kumakaway.

**"JAY-JAY!"** Sigaw pa niya at unti-unti ko siyang nakilala.

**"Ci-N? CI-N? SI CI-N!!"** Sigaw ko at napatalon sa tuwa. **"CI-N!!"**

*Sa wakas! May ibang nilalang din bukod samin!*

Agad akong tumakbo para salubingin siya. At mas lalo akong nagalak ng makita kong may kasunod siya.

*Mga kapwa niya Ulupong!*

**"Jay-jay!"**

**"Ang kutim mo, Jay!"**

**"Ang itim mo na!"**

**"Taong dagat ka na ngayon!"**

Parang gusto ko silang lunurin isa-isa. Buti nalang at namiss ko din sila kaya papalagpasin ko nalang ang mga katarantaduhang pinag-sasa-sabi nila.

**"Jay-jay!"** Masayang salubong sakin ni Ci bago kami magyakapan.

**"Ci-N!"** Masayang sagot ko at tumalon-talon habang kayakap siya.

Para kaming mga timang na tuma-talon-talon habang magkayakap. Panay din ang tawa namin. Kung umasta kami parang sampung taon kaming hindi nagkita.

Huminto lang kami ng pareho kaming mapagod. Hihingal-hingal kami habang hinihintay makalapit ang mga tukmol na Ulupong.

**"Na-miss ko kayong lahat! Akala ko hindi na ko makaka-kita ng ibang tao."** Madramang sabi ko at sinalubong ng yakap si Yuri.

Naka-ngiti naman niyang tinanggap yon.

**"Hindi naman talaga tayo nagki-kita kapag weekend ah? Anong ina-arte mo dyan?"** Tanong ni Eman at para gusto ko siyang sampalin.

Bumitaw ako kay Yuri at tinignan ko siya ng masama. **"Naranasan mo na malunod? Gusto mo lunurin kita?"**

Malakas na tawanan naman ang sinagot nila. Kundi ko lang talaga sila na-miss, pagsisi-pain ko sila sa muka. Sinong mag-aakalang hahanap-hanapin ko din ang mga Ulupong na to?

Oo nga't hindi naman kami madalas magkita pag-weekend pero iba pa rin kapag alam kong nasa malapit lang sila at anytime pwede ko silang tawagan para ayaing mag-gala.

**"Keifer!"** Bati nila sa kakalapit na Hari nila.

**"Nangyari sa binti mo?"** Tanong ni Felix kaya lahat sila napatingin sa binti niyang markado ng ka-shungahan niya.

**"Nadulas sa batuhan."** Sagot naman niya.

**"Aw, sakit."** Nasasaktang sabi ni Ci.

Pati sila napa-aray din habang nakatingin sa sugat niya. Napa-iling naman ang iba pero syempre hindi mawawala ang mahusay mang-inis.

**"How dumb."** Parinig ni David.

**"I hope the rock is okay."** Sabi ni naman ni Yuri.

Gusto kong matawa ng malakas. Sila lang yata ang walang awa kay Kei—*kwanan*. Pwede na kong bumuo ng korporasyon naming tatlo. O kaya ayain namin si David sa club namin ni Yuri.

*Shunga Lovers Club.*

**"Tss..."** Inis na sagot ng Hari ng mga Ulupong.

Sandali akong napatingin sa kaniya. Parang ang tagal na panahon kong hindi narinig sa kaniya yon. Hindi ko maiwasang hindi manibago.

**"Anyway, how's the trip?"** Tanong niya sa kanila.

**"Nahilo ako!"** Pagod na sagot ni Eren bago maupo sa buhanginan pero tumayo din agad dahil sa init.

**"Akala ko ba sanay kang umuga?"** Nakakalokong tanong ni Blaster at nagtinginan agad sila.

Bigla nalang silang nagturuan habang abot tenga ang ngiti ng kalokohan. Gusto ko silang pag-untugin dahil sa mga itsura nilang parang handang-handa magnakaw ng panty sa gabi.

*Sabuyan mo buhangin.*

**"Na-late kami. Dapat kanina pa kami nandito. Meron kasing isa dyan, on the way na daw tapos nakahiga pa rin."** Reklamo ni Felix sabay tingin ng masama kay Rory.

**"Yung isa nga dyan, bibili lang daw tapos may sinundan ng babae!"** Turo ni Rory kay Drew.

**"Kesa naman sa isa dyan! Iihi lang daw, yun pala tumae na ang gago!"** Inis na singhal ni Drew kay Denzel.

**"Gago!"** Inis na sagot naman ni Denzel.

At nag-kanya-kanya na nga ng turuan sa kung sinong may kasalanan kung bakit sila na-late. Kahit hindi nila aminin, alam kong lahat sila late.

*Except sa katabi kong naglalaro na ng buhangin.*

**"Maaga yan."** Sabi ni Yuri ng mapansing nakatingin ako kay Ci-N. **"Sobrang excited, hindi na yata natulog."**

**"Saan naman siya na-excite?"**

Nagkibit balikat siya. **"To see you or this island, I guess."**

Agad niyang tinignan ang kapaligiran. Halatang namamangha siya sa ganda ng natatanaw niya isla.

*Yes...isla ko yan!*

**"This is nice."** Komento pa niya.

**"Nice ka dyan! Ang ganda kaya!"** Kontra ni Ci habang pinapagpag ang mga kamay.

**"Galing pipili ng lugar ni Keifer!"** Mapang-asar na sabi ni Edrix at sumipol pa.

Nagpalakpakan naman ang mga kapwa niya Ulupong. Bakit parang kalokohan ang papuri niya? May ibang laman.

Nag-thumbs up pa ang mga luko sakin. Plastik ko naman silang nginitian dahil sa inis. Mahaba-haba pa ang pasensiya ko dahil masaya akong makita sila pero kung hindi sila titigil papakain ko sila sa lamang dagat.

**"Kayong dalawa lang ni Keifer dito?"** Inosenteng tanong ni Ci.

Unti-unting tumigil ang mga kapwa niya Ulupong sa pang-aasar pero nagkaka-ingay pa rin sila dahil sa solong usapan.

Tipid akong tumango bilang sagot kay Ci.

**"Edi nagawa niyo na?"** Tanong ulit niya at tuluyan ng tumahimik ang lahat.

*Ha?*

Bigla nalang akong nailang dahil sa mga reaksyon nila. Pati si Yuri inosente ring nag-aabang ng isasagot ko.

**"A-ang alin?"**

**"Mag-usap."** Paglilinaw niya at sabay-sabay naman kami ng mga reaksyon.

*Akala ko kung ano.*

**"Naka-pag-usap naman."** Sagot ko at saglit na napatingin kay Kei—*kwanan.*

Tipid siyang ngumiti sakin. Hinarap ko ulit ang mga Ulupong na nagsisimula na namang mang-asar.

**"Hindi niyo sinubukan?"** Inosenteng tanong ulit ni Ci at tumahimik na naman ang mga kapwa niya Ulupong.

*Ano na naman? At bakit kailangan nilang tumahimik!*

**"Ang ano?"**

**"Mamasyal."** Paglilinaw ulit niya at ganun na naman ang mga naging reaksyon namin.

**"Dito lang sa malapit."**

Tumango-tango naman siya bilang pagtanggap sa sagot ko. Nagsisimula na namang maging aktibo ang mga Ulupong. Alam kong mamaya lang mang-aasar na naman sila kaya tinitignan ko na sila ng masama para makuhang hindi ako nakikipag-biruan.

**"Napagod ka?"** Tanong na naman ng Batang kumag.

Malapit na kong makunsume sa mga tanong niyang hindi tapos. Gusto ko na siyang batukan. Naririnig ko na din ang mahinang tawanan ng mga kapwa niya sira-ulo.

Ayoko lang magalit dahil baka isipin nilang apektadong-apektado ako.

*Lintik na.*

**"Napagod saan?"** Medyo inis na tanong ko.

**"Pama-masyal."** Sagot niya at napatango-tango naman ang mga hudlong pero may kasamang asaran.

**"Ayusin mo kasi Ci."** Sabi ni Eren pero halatang tuwang-tuwa.

Inosente naman nagkamot ng ulo ang Batang kumag. Hindi ko alam kung hindi ba niya nakukuha na pinag-t-tripan na kami ng mga kasama namin o sadyang iba ang nasa isip niya. O pwede ring sinasadya niya to.

Alam kong matalino siya. May mga bagay na clueless pa siya pero dahil sa mga bwisit na kapwa niya kumag, namumulat na siya sa kamunduhan.

**"Bakit? Nagtatanong lang naman."** Nakangusong sagot niya.

**"Hayaan niyo. You know Ci-N, he's always curious about new things."** Dipensa ni Kei—*kwanan* bago harapin si Ci. **"You can keep asking questions."**

Tumango naman ang Batang kumag at humarap ulit sakin.

*Eto na naman po siya.*

**"Malaki ba?"** Walang awat niyang tanong.

**"A-ano?!"** Gulat na tanong ko.

Agad na nagtawanan ang mga Ulupong. Pati si David at Yuri namumula na sa kakapigil ng tawa. Umiwas pa sila ng tingin pero kita ko naman mga tenga nila.

Napa-luhod na sa buhanginan si Eman at Josh. Samantalang panay ang tulak at hampas ni Calix kay Kit.

**"Yung isla."** Inosenteng dugtong niya.

Gusto ko na siyang hambalusin. Nagugulantang nalang ako sa mga tanong niyang hindi tapos. Ayoko namang isipin niya na iba din ang iniisip ko sa tanong niya.

*Kahit yun naman talaga iniisip ko.*

**"H-hindi ko pa nakikita ng buo."** Sagot ko.

**"Ay dapat kasi pinapakita na ng buo."** Singit ni Rory.

**"Ipakita mo kasi Keifer, yung buo dapat."** Gatong ni Mayo.

**"Buo kasi—HA! Tangina!"** Si Eren at nagpagulong-gulong na sa buhangin dahil sa kakatawa.

**"Maybe later."** Sagot naman ng Hari ng mga Ulupong kaya tinignan ko siya ng masama pero kumindat lang siya sakin.

**"Anong sinasabi nila?"** Inosenteng tanong ni Ci.

Umiling lang ako. **"Wala. Hayaan mo sila. Tara sa bahay."** Aya ko sa kaniya sabay hatak sa kamay niya.

**"Teka lang**. **Baka masakit pa."** Kontra niya at nagtawanan na naman ang mga luko.

**"Sinaktan ni Keifer!"** Sabi ni Edrix at sinabuyan ko siya ng buhangin gamit ang paa.

Hinarap ko si Ci. **"Saan naman ako masasaktan?!"** Inis na tanong ko.

**"Sa paglalakad ng walang tsinelas."**

Marahas akong napabuga ng hangin. Ayoko sanang ipakitang apektado ako ng mga nakakalokong tanong ni Ci. Kayalang malapit-lapit na talaga akong mapikon lalo na't walang tigil sa pagtatawanan ang mga walanghiya.

*Wag kayong tumigil! Mga kingina niyo!*

**"Jay, masarap ba?"** Tanong na naman niya.

"*Tama na! Sakit na ng tyan ko!*"

"*Bwisit Ci-N!*"

"*Tama na pagtatanong!*"

**"Ano ba yang mga tanong mo? Itanong mo na ng buo!"**

**"Mag-bakasyon dito sa isla?"** Pag-kumpleto niya at nagsimulang sumilay ang nakakaloko niyang ngiti.

Sinasabi ko na. Sinasadya niya to!

Tinaas ko ang kamay ko at inambaan siya ng suntok sa ulo. Agad naman siyang dumipensa sa pagtaas ng dalawang braso.

Parang bumalik lahat ng stress ko.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 331

**A/N:**

Happy Anniversary AMNSE!!!

4yrs ago, sinulat ko ang AMNSE dahil sa excitement ko. Isang malaking what if ang pumasok sa isip habang nagbabasa ng isang sikat na story. Kahit hindi siguro, pinost ko sa wattpad ang story.

Ang look where AMNSE now.

Maraming salamat Tropa sa pagsubaybay kahit matagal ang UD. Sana sa mga susunod na story ko andyan pa rin kayo!

😘

**Last day**

***Jay-jay's POV***

**"Bakit ganito tong kalan? May itim."** Puna ni Eman sa kalang nasunog ko.

**"Design yan. Wag mo pansinin."** Sabi ko at nagkibit balikat nalang siya bago simulang mag-luto.

*Ganyan ang uso ngayon sa mga sosyal na kalan.*

Tinalikuran ko na siya at hinayaan sa ginagawa niya. Kasama naman niya si Denzel na tinutulungan siyang magluto. May balak yatang sumunod sa yapak niya.

Dumiretso na ko sa terrace kung saan nakatambay ang iba. Balak sana nilang maligo sa dagat pero nagbago ang isip nila ng makaramdam ng gutom.

**"Wala talaga kaming alam na dito mo dadalin si Jay-jay. Expected ko sa mansion niyo lang."** Sabi ni Edrix kay Kei—*kwanan*.

**"At tumagal pa nga ng ilang araw."** Dagdag ni Rory.

**"Yari ka dun sa Aries. Nag-punta samin yon hinahanap kay Kuya si Jay-jay. Kaso wala din kapatid kong tukmol."** Sabi ni Felix at bigla ko na-imagine ang muka ni Aries.

Malamang ko bumubuo na ng masamang sumpa yon. Kapag hindi ako nakabalik agad dalawa na silang mag-paparusa sakin.

*Wag na bumalik.*

Dito nalang ako sa isla ko. Mabubuhay naman siguro ako dito. Papatayo nalang ako tower ng signal at internet para buhay na buhay. Mag-online shopping nalang ako tapos niyog ang pambayad ko. Turuan ko mag-internet mga isda.

*Hay...minsan talaga namamangha ako sa sarili kong katalinuhan.*

Napansin ko ang tila pagpapalitan ng tingin ni David, Yuri at Kei—*kwanan*. Halatang meron silang alam at kami naman tong walang ideya. Hindi ko tuloy maiwasan na hindi maghinala sa kanila.

Kung ano man yang bagay na alam nila, hihintayin kong ipaalam nila sakin. Bibigyan ko lang sila hanggang ngayon araw. Kapag wala pa rin, ililibing ko sila ng buhay sa buhangin.

**"Buko!"** Sigaw ni Eren na umagaw ng atensyon namin.

**"Niyog!"** Sigaw naman ng batang kumag.

Inabangan namin ang papalapit na mga kumag. Kasunod pa nila si Blaster, Josh, Mayo at Kit na may mga kaniya-kaniya ding dala.

**"Anong pinagtatalunan niyo?"** Tanong ko.

**"Ayaw maniwala sakin na Buko ang tawag sa hawak ko."** Sagot ni Eren bago ibaba ang hawak na buko sa hamba ng terrace.

**"May pinagka-iba ba?"** Inis na tanong ni Ci bago humarap sakin. **"Di ba niyog to?"**

**"Katukin mo. Kapag malutong ang tunog, niyog. Kapag wala kang makatok, buko."** Sabi ko at ginawa naman nila.

Iba nga lang ang Josh. May kaunting pwersa pa ang pagkatok niya sa ulo ni Blaster. Agad naman siyang inambaan ng suntok kaya napalayo siya habang nakangiti.

**"Ganun pala yon."** Sabi ni Yuri at inalog ang hawak na niyog. **"I can hear the juice inside."**

**"Let's open it and drink."** Sabi ni Kei—*kwanan* at tumingin sakin. **"Ayan, hindi ka na aakyat ng puno."**

*Ay tarantado.*

**"Sinong umakyat ng puno?"** Tanong ni Yuri at tinignan ako.

**"She tried to climb to pick a coconut."** Mapang-asar na sagot ng walanghiyang Hari ng mga Ulupong.

**"Gago! Umakyat ka ng puno ng niyog?"** Natatawang tanong ni Mayo kaya tinignan ko siya ng masama.

**"Wa-poise!"** Sabi ni Felix at nagsimula na silang mang-asar.

**"Ang lupet!"** Si Eren at malakas na tumawa.

**"You should've took a photo."** Pakikisali ni David.

*Traydor!*

**"Mga punyeta kayo!"** Mura ko sa kanila at agad silang tumahimik.

**"Ay nag-mura."** Sabi ni Ci.

Nagpabalik-balik ang tingin nila sakin at kay Kei—*kwanan.* Cross arm naman akong nagtaas ng kilay sa kanila sabay ngiti ng mayabang.

**"Walang magaganap. Kahit anong hintay niyo."** Sabi ko at pekeng tumawa.

**"Ay impakta talaga oh."** Dinig kong sabi ni Eren.

Agad kong dinampot ang pinaka-malapit na buko at akmang ibabato sa kaniya. Agad namang nagtakbuhan ang mga luko habang malakas na tumatawa.

**"Buksan na nga natin baka ikamatay pa natin ang buko na yan."** Sabi ni Drew at inalayo sakin ang hawak.

Kaniya-kaniya na sila ng dampot ng buko at niyog. Sinamahan sila ni Keifer sa likod kung saan nila bubuksan ang mga dala. Naiwan ako, si Yuri at David sa terrace habang pinapanood ang mga tukmol na papalayo.

**"So, no more profranity rule?"** Tanong ni Yuri at sinandal ang balikat sa poste ng terrace.

**"Tama yan. Wag kang papalamang."** Dagdag ni David.

**"Dito lang. Inalis niya kapalit ng mas mahaba niyang buhay sa mundong ibabaw."** Sabi ko at tumawa naman sila.

Sandali kaming binalot ng katahimikan hanggang sa magpaalam si David na tutulong kila Eman sa loob.

**"Kumusta ka?"** Tanong ko agad kay Yuri.

Nagpilit siya ng ngiti. **"Okay na ko, nakita na kita eh."**

Pasimple ko siyang sinipa na iniwasan niya bago tumawa. Mas gusto kong natural ang tawa niya. Hindi yung halatang pinipilit niya para lang masabi niya na okay siya.

**"I'm serious."** Sabi niya na nagpa-seryoso din sakin. **"Kapag kasi kasama kita, I don't need to pretend that I'm okay."**

Ako naman ang ngumiti sa kaniya. **"Kahit ano pang problema mo, tandaan mo andito lang ako. Hindi lang pang-pamilya, pang-sports pa."** Pang-gagaya ko sa isang lumang commercial.

Malakas siyang tumawa. Mukang pamilyar sa kaniya ang sinabi ko.

**"Dapat nga pupuntahan kita nitong weekend. Kun'di lang ako napunta sa isla to."** Sabi ko.

Yun talaga orihinal na plano ko. Gusto kong malaman kung may nag-aasikaso ba sa kaniya sa bahay nila. Base kasi sa itsura niya nitong nakaraan halatang wala. Baka mamaya, hindi rin pala siya nakaka-kain ng maayos.

**"Sayang, nag-barbecue pa naman ako nung Saturday."** Pang-iingit niya.

**"Barbecue lang? Mahina. Ako salmon *stik*."** Pag-yayabang ko at natawa siya.

**"Anong stik? Baka steak."**

Napanguso ako. **"Kapag mayaman, steak. Kapag barumbadong dukha, stik. Pirito nga lang okay na eh."**

Mas lalong lumakas ang pagtawa niya. Pati ako natatawa na din. At least alam kong napapatawa ko siya sa mga katalinuhan ko. Kahit sa ganong paraan lang mabawasan ko mabigat na nararamdaman niya.

**"You really know a lot of things."**

**"Syempre. Ganda ko eh, parang itong isla ko."** Sagot ko at sandali siyang natigilan.

**"Isla mo?"**

Tumango ako. **"Yes, bigay ng Hari ng mga Ulupong."**

**"Wow."** Sarcastic na sabi niya.

Nawala ang ngiti ko at sandaling nagsalubong ang mga mata namin. Anong problema niya? Agad siyang umiwas.

**"S-sorry. I'm—."**

**"Hindi niya ko nabili kung yan ang iniisip mo."** Walang emosyon kong putol sa sasabihin niya.

**"Hindi sa ganon. But why did you forgive him that easy?"**

**"Hindi ko pa siya pinapatawad."** Napailing ako bago tumalikod sa kaniya. **"Minamaliit mo ko."**

Naglakad na ko papasok sa loob ng bahay. Narinig ko pa ang pagtawag niya sa pangalan ko.

Masama bang tanggapin ko ang pasalubong niya? Mababang tao na ba ko kung ganon? Kahit buong buhay akong magtrabaho, ibenta ko man kaluluwa ko o mangutang ako sa lahat ng bumbay, hinding-hindi ako magkakaroon ng sariling isla.

At isa pa, sa ugali ng lintik na Kei—*kwanan* na yan para namang makakatanggi ako. Edi kapag sinumbat niya, saksak ko sa baga niya isla niya.

Tumuloy ako sa kusina kung nasan si Denzel at Eman.

**"Ano pwede ko itulong?"** Bungad ko sa kanila.

**"Sakto dating mo, paki-linis tong mga isda."** Sabi ni Eman.

Mabilis na bumalik sakin ang ala-ala ng kahapon. Ang nag-ye-yelong isda at sumisiklab na kawali.

*At sunog na kusina.*

**"I wanna help too."** Biglang sulpot ni Yuri sa tabi ko.

Hindi ko siya pinansin at lumapit na sa lababo kung nasan ang mga isda. Nakasunod pa rin siya sakin. Nanguha ako ng kutsilyo at ganun ang ginawa niya. Halata namang ginagawa niya lang ang ginagawa ko.

**"I'm really sorry Jay."** Bulong niya habang kumukuha ng isda sa lababo.

**"Okay lang. Naiintindihan ko naman."** Walang buhay kong sagot.

**"Akala ko kasi pinatawad mo siya dahil sa isla."**

**"Tapos na kami mag-usap bago niya sabihin na sa akin ang islang to."**

**"Kung nakapag-usap na kayo, bakit hindi mo pa rin siya pinapatawad?"**

Inis ko siyang tinignan. **"Tanong ba yan? Parang hindi mo alam paghihirap ko."**

Tumango-tango siya. **"Sabagay. Pero di ba marupok ka?"**

*Alam na alam.*

Dinig ko ang mahinang pagtawa ni Denzel at Eman. Mukang nakikinig sila sa pinag-uusapan namin.

**"Pano mo naman nasabi?"**

**"Mabilis mo kaming napatawad."**

Inirapan ko siya. **"Hindi ba pwedeng sadyang mabuting tao lang ako?"**

**"More like uto-uto."** Parinig ni Eman kaya nilingon ko siya.

**"Luto-luto daw."** Kuwaring pagtatama ni Denzel pero nakasilay naman ang malukong ngiti.

**"Sasampalin ko kayo ng isda."** Banta ko at nagtawanan naman sila.

*Mga Ulupong.*

Tinuloy ko nalang ang ginagawa ko. Halos iabot nalang namin kay Eman ang mga kailangan niya. Kami naghiwa, naglinis, naghanap ng ingredients at kung ano-ano pang madalas niyang ginagawa.

Hanggang sa makaluto siya at tawagan na ang mga kapwa niya Ulupong. Parang nagpatawag ng feeding program dahil sa pagdating ng mga tukmol. Pero dahil hindi kami kasya sa kusina tinangay nalang nila ang mga pagkain at dinala sa terrace.

Natigilan ako ng makita ang mababang lamesa na may nakapatong na dahon ng saging. Kaniya-kaniya ng pag-aayos ang mga luko. Hinilera nila ang mga pagkain bago maupo sa sahig para maka-level sa lamesa.

Ganun na din ang ginawa ko. Katabi ko si Yuri at Ci-N at katapat ko naman si Kei—*kwanan*. Bago magsimula naisipan pang magdasal ng mga luko at magpasalamat. Napangiti naman ako dahil marunong naman pala sila non.

**"Kain na!"** Sigaw namin bago magsimula.

Kaniya-kaniya na kami ng kuha at kain. Ang matagal na prosesong pagluluto ni Eman naubos ng isang bagsakan lang. Sinabayan pa ng refreshing na buko juice.

*Bakasyon grande.*

Sandali kaming nagpahinga bago magligpit at mag-ayos para mag-swiming. Parang mga batang excited sa dagat ang mga luko.

**"Mag-lagay kang sunblock!"** Inis na sabi ko kay Ci.

Panay ang reklamo niyang masakit sa balat ang araw panay din naman ang takbo niya pabalik sa initan.

**"Lagyan mo ko sa likod! Dali!"** Utos niya sakin.

Napangiwi naman ako pero ginawa ko pa rin. Dinamihan ko na para wala siyang reklamo.

**"Ako din! Lagyan mo din ako!"** Singit ni Eren kaya agad umalis si Ci.

Pinukpok ko siya ng bote ng sunblock lotion.

**"Aray... Bakit?"**

**"Sana sinama mo mga girlfriendsssss mo! At sa kanila ka nagpalagay ng sunblock!"** Inis na sabi ko.

**"Hindi sila kakasya sa *yate* ni Keifer."** Sagot niya habang nagkakamot ng ulo. **"Ikaw muna maglagay."**

Tumalikod siya sakin at bahagyang yumuko. Nilagyan ko nalang siya para mapa-alis ko na. Akala ko siya nalang ang lalagyan ko sa likod pero napakurap-kurap ako ng makitang may ginawa na silang pila.

*Anak nang...*

**"Ano yan?"**

**"Palagay din."** Sabi ni Rory bago ngumiti ng malapad.

Kahit gusto ko na silang tuktukan ginawa ko pa rin ang hinihiling nila para lang matapos na. Mabuti nalang at may sariling sunblock ang iba kaya hindi naubos ang dala ni Yuri na siyang ginamit ko kay Ci at Eren.

Mabilis na nagtakbuhan ang mga Ulupong sa dagat maliban kay Kei—*kwanan* na hindi makatakbo dahil sa sugat. Mabuti nalang nakakalakad na siya ng maayos pero may paminsan pa ring pag-ika-ika.

*Pero nagawa niya kong buhatin.*

Hinarap niya ko ng mawala ang iba. **"Would you like me to put sunblock at your back?"**

**"Would you like me to punch your face?"** Pang-gagaya ko sa kaniya. **"Hindi ko naman ilalabas ang likod ko."**

Lumabas na naman ang nakakaluko niyang pagtawa. Pero agad ding nawala yon na pinagtaka ko.

**"So, anong pinag-usapan niyo ni Yuri? Mukang ang saya niyo."** Tanong niya.

Hindi ko masabi kung nagseselos ba siya o nag-aalala na meron akong malala-laman. Pinagtaasan ko siya ng kilay.

**"Kung ano-ano lang. Paki mo ba?"**

Bahagya siyang umubo. **"He should've told you."**

May balak pala talaga siyang ipaalam sakin ang alam nila. Akala ko maglilihim na naman sila sakin. Hindi ko alam kung bakit parang na-excite ako pero bigla kong inabangan ang mga sasabihin niya.

**"A-ang alin?"**

**"The reason why Angelo wants me to hide you."** Sabi niya at tumingin sa mga mata ko. **"Your Dad is back."**

Nabitawan ko ang bote ng sunblock lotion. Hindi umalis ang tingin ko sa kaniya at kusa nalang pumatak ang luha ko.

*Nakabalik na si Papa? Nakabalik na siya galing ibang bansa. Makikita ko na ulit siya.*

**"Kailangan na natin umuwi."** Wala sa sariling sabi ko at nagsimulang maglakad pero agad akong pinigilan ni Kei—*kwanan*.

**"Calm yourself. We need to find out first why they are not letting you to see him."** Paliwanag niya pero nakatutok ang mga mata ko sa dagat at pinag-iisipan na kung paano ako makakauwi.

**"Uuwi na ko—."**

**"Jay-jay!"** Sigaw niya sa mismong muka ko habang hawak ang magkabilang braso ko.

**"Andyan na ulit si Papa. Baka pwede—."** Halos magka-awa ako sa kaniya.

**"Angelo will never allow you. Please listen to me!"**

**"Bakit?!"**

**"I don't know....yet. But I will soon find out then we will think of a plan on how will you meet your Dad without them knowing. For now, you need to calm yourself and follow my plan."** Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko. **"Trust me, please?"**

*Tama siya.*

Pinalayo ako ni Kuya dahil may dahilan siya. Dun palang halatang ayaw na niyang magkita kami. Paano pa kung pilitin ko? Baka lalong mahigpit si Kuya at pigilan kaming magkita.

Kahit ayokong magtiwala sa Hari ng mga Ulupong, mukang kailangan kong ipagpa-ubaya sa kaniya ang pagkikita namin ng Papa ko.

Ilang beses na ba niyang ginawa to? Ilang beses niya kong tinulungan na mahanap at makita si Papa? Lagi siyang nakakagawa ng paraan. Hindi na dapat ako magduda sa sinabi niya dahil naniniwala naman akong magagawa niya.

**"S-salamat."**

Ngumiti siya sakin at niyakap ako. **"For your happiness."**

Sandali kong kinagat ang labi ko. Parang ang layo na niya sa dating Kei—*kwanan* na laging nakikipag-bangayan sakin. Siguro nga talagang ginawa niya ang lahat para baguhin ang sarili at masigurong hindi niya gagawin sakin ang ginawa ng Tatay niya.

Pagbitaw namin sa yakap, mabilis niya kong hinalikan sa noo. Agad kong naalala ang mga Ulupong at baka makita nila kami. Mahina ko siyang sinuntok sa tyan.

**"Aw."** Mahinang daing niya.

**"Baka makita nila tayo."**

**"So?"**

**"Baka hindi naman po tayo at hindi pa kita napapatawad ng buo."**

Mabilis na naging malungkot ang tingin niya sakin. Na-konsensya ako pero kailangan kong maging matigas. Ayoko namang maging madali ang lahat ng dahil lang sa nagpaliwanag na siya. May mga bagay pa rin akong hindi maintindihan.

*Math.*

**"I get it."** Sabi niya at nagpilit ng ngiti.

Tumango lang ako bago tumalikod sa kaniya at maglakad palapit sa mga tukmol na Ulupong na halatang enjoy na enjoy ang tubig dagat.

May dala pang salbabidang saging si Ci-N at donat naman kay Eren. Pareho nilang nakuha sa storage room ng villa kanina. Samantalang si Dabid nakahiga sa nilatag niyang sapin sa buhanginan, ine-enjoy ang init ng araw pero mas muka siyang tulog. Si Josh naman na kanina pa sinisira ang ginagawang sand castle ni Blaster at Drew.

Si Eman pinutol-putol ang nakuhang starfish. Binatukan siya ni Felix dahil sa ka-brutalan. Si Kit at Mayo naglalakad-lakad sa dalampasigan habang magkahawak pa ng kamay.

*Lande.*

Halos karamihan nasa dagat at nags-swimming. Pati si Yuri na kumakaway sakin masaya sa tubig dagat.

**"Tara na Jay!"** Aya niya sakin.

Binilisan ko ang lakad para makalapit sa kanila.

**"Keifer! Langoy na!"** Sigaw nila habang kumakaway sa villa.

Nilingon ko ang kinakawayan nila at nakita ko si Kei—*kwanan* na nakasunod pala sakin. Kumaway din siya sa mga kapwa niya Ulupong bago hubarin ang pang-itaas at lumapit sakin.

Napasigaw nalang ako ng buhatin niya ko at maglakad palapit sa dalampasigan.

*Anak nang...*

**"S-sandali! Hoy!"** Pigil ko sa kaniya pero nakalusong na agad siya sa dagat at bigla nalang akong binitawan.

Agad na nagtawanan ang mga luko. Mabuti nalang at hindi pa kalaliman kinatatayuan niya. Agad akong tumayo at sinabuyan siya ng tubig.

**"Is that all you got?"** Mapang-asar na tanong niya at nagsimula ang sabuyan ng tubig na sinalihan ng mga Ulupong.

Kaniya-kaniya na ng saboy ng tubig. Bahala na kung sinong tamaan. Pati ang mga naglilibang sa buhanginan sumulong na rin at nakisaboy ng tubig. Hanggang sa napag-tripan nila ang natutulog na David.

Si Rory at Calix ang lumapit at pumwesto sa uluhan at paanan ni David. Sabay nilang hinawakan ang mga braso at binti niya bago siya bitbitin palapit sa dagat.

**"What the hell!!"** Sigaw niya ng bigla nalang siya iduyan ng dalawa bago bitawan.

Malakas ang tawanan namin hanggang sa magsimula na naman sila ng kalokohan. Merong nagkarera lumangoy na halata namang nagdayaan. Merong nagpaligsahan sa patagalang pigilin ang paghinga sa tubig. Merong nagpaturo lumangoy. Si Ci-N sumakay sa balikat ni David at ginaya naman sila ni Eren na sumakay sa likod ni Josh.

Naglaban ang dalawa at pinilit tinutulak ang kalaban. Kung sinong unang mahulog, talo.

*Maliit si Ci pero mabigat naman ang katawan niya.*

**"Ci-N! Ci-N! Ci-N!"** Sigaw namin.

Naglaglag si Eren pero hindi lang siya ang kalaban. Si Kit at Mayo naman ang humarap sa kaniya. Si Kit ang nakasampa sa balikat ni Mayo at siyang lumalaban kay Ci-N.

Pero hindi pa rin nagpatalo ang batang kumag. Nahulog si Kit at si Blaster na nakasampa kay Drew naman ang humarap sa kaniya. Pero masyadong mabigat si Blas dahil isang tulak palang bumigay na si Drew kaya pareho silang nalubog sa tubig dagat.

Habang busy ako sa kakatawa at bigla nalang may sumuot sa pagitan ng hita ko at unti-unti akong umangat. Napasigaw ako ng malakas kaya napatingin silang lahat sakin.

*Ano na naman to?*

Nang tignan ko kung sino ang animal, ang pulang buhok ni Yuri ang bumungad sakin.

**"It's our turn!"** Sabi niya at natuktukan ko siya sa ulo.

**"Magsabi ka naman!"** Sigaw ko sa kaniya pero sinimulan niyang lumakad palapit kila Ci.

"*Kay Jay-jay ang pusta ko!*"

"*Sapakin mo Jay para taob agad!*"

"*Dakmain mo Ci!*"

"*Gago ka!*"

"*Sa muka! Ang dumi ng isip niyo!*"

Pang-aasar nila na may kasamang tawanan. At makatapat ko si Ci bigla nalang siyang ngumiti ng nakakaloko sabay taas baba ng kilay.

*Muka siyang magnanakaw ng panty.*

**"FIGHT!"** Sigaw nila at para akong nakasigaw ng bell.

Mabilis kong hinawakan ang magkabilang kamay ng Batang Kumag at buong lakas siyang tinulak. Halatang hindi siya papatalo.

Sumulong si Yuri para magkaroon ng pwersa ang pagtulak ko pero nalamangan ako ni Ci. Hinayaan niya kong maitulak siya kaya ng kampante na kong mananalo ako bigla nalang siyang bumawi ng tulak at tuloy-tuloy akong bumagsak sa tubig.

Naramdaman ko ang paghampas likod ko sa tubig. Nakapikit ang mga mata ko pero may malabong imahe akong nagsisimulang makita.

**"*TAKBO! TUMAKBO KA! WAG KANG TITIGIL! WAG KANG PAPAYAG NA SAKTAN KA NG IBA!*"**

*Mama?*

Alam kong boses yon ni Mama. Pero hindi ko maintindihan ang sinasabi niya. Hindi ko rin maintindihan ang pagsulpot ng tinig niya.

Agad akong umahon ng maramdaman ang kakapusan ng hangin. Pinunasan ko ang muka at mga mata ko para makadilat. Hingal na hingal ako habang tinitignan ang paligid ko.

**"Hey! Are you okay?"** Nag-aalalang tanong ni Kei—*kwanan* kaya tumingin samin ang iba.

**"Okay ka lang Jay?"** Tanong ni Yuri at lumapit sakin.

Tumango ako. **"O-okay lang. Hiningal lang."**

Tumango din si Yuri para tanggapin ang sinabi ko kahit halata namang hindi siya naniniwala. Titig na titig naman sakin ang Hari ng mga Ulupong.

Bumalik ang iba sa pagsasaya, samantalang ako tulala at gulong-gulo sa nangyayari.

*Bahagi ba ng nakaraan ko ang narinig ko?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 332

**A/N:**

**Happy Birthday!**

Regine Mae Villarosa
Angel Lariah Vxyz

### Fire Dance

***Jay-jay's POV***

Ayokong may maalala sa nakaraan ko. Hindi malinaw sakin ang totoong nangyari pero alam kong ang laman ng ala-ala na yon ay ang mga ginawa sakin ng mga naging asawa ni Mama. Tuwing naiisip ko yon para may humahalukay sa tyan ko at gusto ko nalang umiyak.

Minsan kong narinig sa mga Tita ko ang ilan sa mga ginawa nila sakin. Agad kong pilit kinalimutan ang mga yon dahil kahit ako sa sarili ko, hindi magawang tanggapin na nangyari yon.

*Nakaka-diri, nakaka-galit, nakaka-suka sila.*

Pero kahit anong tanggi ko na wag ma-alala ang mga yon, kusa at kusa ding bumabalik sakin. At sa unang pagkakataon, gusto kong alamin ang nangyari sa huling ala-ala na bumalik sakin.

**"Si Mama yon."** Wala sa sarili kong sabi.

**"Jay."** Tawag sakin ni Yuri habang hawak ang dalawang kamay ko. **"Maybe it's about time you visit a psychiatrist."**

Agad akong umiling habang takot na tumingin sa kaniya.

Bukod kay Kei—*kwanan*, alam din niya ang sitwasyon ko.

**"A-ayoko. Ayoko—."**

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko. **"Kailangan, Jay—."**

**"—Ayoko. Ayoko don—."**

**"—They will help you remember your past."**

**"—Ayoko."** Kusa nalang bumagsak ang mga luha ko.

Mabilis niya kong niyakap na nagpahagulgol naman sakin.

**"Ayoko."** Sabi ko habang umiiyak.

**"Okay. Hindi na. Hindi na kita pipilitin."**

Hinayaan niya kong umiyak ng umiyak sa dibdib niya habang panay himas niya sa likod ko. Paminsan-minsan din niyang sinusuklay ang buhok ko.

*Wag ka sasabit.*

Napatigil lang ako sa pag-iyak ng bumukas ang pinto at pumasok si Kei—*kwanan* habang may dalang isang baso ng tubig. Humiwalay ako kay Yuri para punasan ang mga luha ko at pilit inabot ang baso sa kaniya pero tinignan lang niya ang kamay ko.

**"This is not yours."** Sabi niya.

*Ay bastos!*

Tinignan ko siya ng masama at agad na sumilay ang nakakalokong ngiti niya bago niya iabot sakin ang baso ng tubig na hawak.

**"Just kidding."**

**"Bwisit kang Ulupong ka."** Bulong ko na narinig pa rin ni Yuri.

Mahina siyang tumawa habang umiinom ako ng tubig. Hindi ko napansin na naubos ko agad ang laman non. Inabot ko yon pabalik sa Hari ng mga Ulupong. Tinanggap naman niya at binaba sa lamesa malapit sa pinto.

**"Are you done with your heart to heart talk?"** Tanong niya kay Yuri.

Napataas naman ang kilay ko sa kanila lalo na ng irapan siya ni Yuri bago tumayo sa kinauupuan sa tabi ko. Ang tukmol na Kei—*kwanan* naman ang pumalit.

**"Jay... Yuri is—."**

**"Pipilitin mo din ba ko?"** Agad kong putol sa sasabihin niya pero umiling siya.

**"He's dumb."**

**"What?"** Gulat na tanong ni Yuri.

**"Forcing Jay-jay to remember her past is like forcing her to jump out of the window."** Paliwanag ng Hari ng mga Ulupong. **"Of your house."** Dagdag niya habang nakaturo kay Yuri.

*Ang taas ng bahay niya.*

**"Since when did you become an expert in Jay's problem?"** Iritadong tanong ng Presidente ng SLC.

**"Since the day that I planned my future with her."** Sagot naman nitong tukmol na Kei—*kwanan* sunod kindat.

Napairap nalang kami ni Yuri sa kaniya. Napaka-daming alam nitong kumag na to. Kaya nadudulas sa batuhan.

*Shunga.*

**"Bakit ba andito ka? Hindi mo bantayan mga alaga mo don sa labas."**

**"Binabantayan ko kayo. Baka may gawin sayo si Yuri."**

Agad na lumipad ang palad ko para sampalin siya pero mabilis niyang nasalo ang braso ko.

Alam kong andito si Yuri para kamustahin ako. Nagka-totoo nga ang sa sinabi ko na hindi siya naniniwala sa sagot ko kanina. Naiintindihan ko naman kung bakit siya nag-aalala. Pero ang hindi ko maintindihan ang pambu-bwisit ng tukmol na to.

**"Feeling mo naman pareho tayo."** Inis na sabi ni Yuri. **"Hindi ko gawaing manghalik ng tulog."**

Taka akong napatingin sa kaniya at lumipat sa Hari ng mga Ulupong. Wala naman siyang reaksyon at nagawa pang ngumiti sakin bago sagutin ang sinabi ni Yuri.

**"Sinong nanghahalik ng tulog?"** Inosenteng tanong niya.

**"Gusto mo paalala ko ginawa mo kay Jay habang wala siyang malay sa clinic?"**

*Parang naaalala ko yon.*

**"Yun yung nagagalit ako tapos bigla akong nawalan ng malay?"** Tanong ko.

Tumango ang Yuri bilang sagot. Agad kong tinignan ng masama ang lintik na kumag. Patay malisya naman siya na parang walang alam sa sinasabi namin.

**"Anong ginawa mo?"** Inis na tanong ko sa kaniya.

**"Anong ginawa ko?"** Balik tanong pa niya.

Agad ko siya hinampas sa braso na hindi niya inaasahan. Hindi niya nagawang maka-ilag o pigilan ang kamay ko. Pasimple siyang napa-aray.

**"Tatadyakan ko yang sugat mo!"** Banta ko.

Kamot ulo naman siyang tumingin samin ni Yuri.

*Kingina ka! Malaman ko lang ginawa mo.*

**"A-ano... While you're unconscious, I payed you a visit."** Panimula niya na inabangan ko talaga. **"Then I—."** Bahagya siyang umubo. **"I... I... I k-kissed you."**

Unti-unting nanlaki ang mga mata ko. Ninakawan niya ko ng halik. At yung mga panahon na yon, matindi pa ang galit ko sa kaniya.

**"Animal ka!"** Gigil na sabi ko at agad dumampot ng unan para ihampas sa kaniya.

Malakas na pagtawa lang ang naging sagot niya. Hanggang maisipan kong sundutin ang sugat niya. Malakas siyang sumigaw bago bumagsak sa sahig.

Kami naman ni Yuri ang tumawa sa kaniya.

**"Karma has been served."** Sabi pa ni Yuri kaya lalo akong napatawa.

Dahan-dahang tumayo ang kumag. Pilit ang ngiti niya kahit halata namang iniinda pa rin ang sakit ng ginawa ko.

*Subukan mo pang humirit.*

**"Yuri."** Seryosong tawag niya kay Yuri na nakatayo na sa tabi ko. **"Please leave us."**

Nagtinginan pa kami ni Yuri dahil sa pagtataka sa inaasta niya.

**"What for?"** Tanong nitong President ng SLC sa kaniya.

**"Bubuuin lang namin si Caretaker."** Sagot niya na nagpalaki ng mata ko.

*Ay gago!*

Agad akong lumapit sa kaniya at tinakpan ang bibig niya. Inosenteng tumingin sakin si Yuri at halatang naghihintay ng paliwanag.

**"Who?"**

**"W-wala yon. Nang-aasar lang tong tukmol na to."** Pilit akong ngiti habang nilalamutak ang bunganga nitong isa. **"Mauna ka na siguro sa labas, susunod nalang kami."**

Sandali niyang tinignan si Kei—*kwanan*, bago tumango at lumabas ng kwarto. Pagsara ng pinto tsaka ko lang binitawan ang hudas.

Puulanan ko na sana siya ng mura ng bigla niya kong yakapin ng mahigpit. Akala ko nang-aasar na naman siya pero mahigpit ang yakap niya na para bang hindi mawala-wala ang pag-aalala niya sakin.

*Akala ko mang-aasar lang siya.*

**"It's okay, we're here for you. Whatever it is."** Bulong niya sakin at hinalikan ako sa ulo.

Hindi ko alam kung bakit pero kusa nalang yumakap ang mga braso ko sa kaniya. Natatakot ako sa mangyayari kapag bumalik sakin ang lahat. Pero kapag pinapaalala nilang andito lang sila, pakiramdam ko kaya ko ng harapin ang nakaraan.

**"Paano kong may ginawa sila sakin na hindi katanggap-tanggap sa pagkatao ko? Mananatili ka pa rin ba?"** Tanong ko.

**"Meron pa bang la-lala sa pagsasayaw mo sa apoy habang naghahanap ng birheng i-a-alay sa impakto?"** Balik niyang tanong na bahagyang nagpatawa samin.

*Ipa-alala daw ba.*

**"Seryoso ako."** Sabi ko.

**"I told you, whatever it is..."** Hinarap niya ko at hinawi ang ilang hibla ng buhok papunta sa likod ng tenga ko gamit ang isang kamay. **"...our friends and me, will stay here for you."** Hinawakan niya ang baba ko para maitaas ang muka ko paharap sa kaniya. **"Understand?"**

Tumango-tango ako at ngumiti siya.

**"Now kiss me."** Utos niya na nagpasibangot sakin.

*Tangina talaga!*

**"Tatadyakan kita dyan!"** Banta ko bago humiwalay sa kaniya.

**"Halik muna, bago tadyak."** Sabi niya at sinubukan akong hatakin palapit sa kaniya.

Agad tinulak ang muka niya habang nakanguso pa ang labi. Gusto kong matawa pero ayoko namang isipin niyang nagpapakipot ako. Kapag kusang loob akong nagpahalik ibig sabihin lang non, pinatawad ko na siya ng husto.

*Hindi pa ganon yon.*

Balak pa sana niyang mamilit kundi lang dahil sa kumalampag ng pinto ng kwarto.

**"Tapos na kayo?! Dun na tayo sa baba, mag-iihaw-ihaw na!"** Sigaw ni Ci-N mula sa labas ng pinto.

**"Susunod na!"** Sagot ko.

Narinig ko naman ang mabibigat niyang yabag palayo ng pinto. Sumunod naman kami kagaya ng sinabi ko. Habang pababa ng hagdan panay ang kalabit ng Hari ng mga Ulupong. Tuwing lilinungin ko siya, sumisenyas siya ng isa gamit ang isang daliri at ngumunguso sakin.

Pinandilatan ko siya ng mata para pagbantaan pero umuulit lang siya ng senyas. Hanggang sa makarating kami sa salas. Nasalubong namin si Kit na nagbibihis ng pang-itaas habang naglalakad, halatang bagong ligo.

Pero natigilan ako ng makita ko si Mayo sa likod niya. Wala pa siyang pang-itaas habang pinupunasan ang buhok.

*Sabay sila naligo?*

Tatanungin ko sana sila pero biglang pumasok si Eren at tinignan sila ng masama.

**"Bakit ang tagal niyo?"** Inis na tanong niya.

**"Paki mo?"** Pabalang na sagot ni Mayo.

**"Ano ba? Mahiya kayo sa mga inosente dito!"**

**"Pwet mo inosente."** Pambabara ni Kit kay Eren. **"Wala kaming ginawa, nauna ako sa kaniyang maligo. Hinintay ko lang siya."**

Pinaningkitan sila ng mata ni Eren. Halatang ayaw tanggapin ang sagot ng dalawa. Malamang na mapikon si Mayo kapag hindi pa tumigil tong isa.

Minabuti kong sumingit na sa usapan nila.

**"Hoy, anong pinag-aawayan niyo?"** Kuwaring tanong ko.

**"Eto si Eren, madumi isip."** Sumbong ni Mayo.

**"Halatain kayo. Kahit hindi madumi isip ko, alam ko."** Dipensa naman ni Eren.

**"Bakit? Ano bang pwede nilang gawin?"** Tanong ko at tumingin silang lahat sakin.

Para bang hindi sila makapaniwala sa tanong ko. Kulang nalang katukin nila ang ulo ko para masiguro na merong laman.

Umiling-iling si Kit. **"Wala Jay, wala."**

Kaniya-kaniya na sila ng iwas ng tingin bago lumabas ng bahay. Nilingon ko si Kei—*kwanan* na para bang nagatungan ang pasanin niya sakin.

*Bakit? Ano bang pwede nilang gawin?*

**"Bakit ganyan itsura mo?"**

**"Nothing. Let's go outside."** Aya niya.

Hinayaan ko nalang at lumabas nalang ng bahay. Nasa labas na lahat at nakapaligid na sa ginawa nilang bonfire. Dito kami maghahapunan ng barbecue.

*Yes... Barbecue.*

**"Dito Jay-jay!"** Tawag sakin ni Ci habang kumakaway.

Patakbo naman akong lumapit sa kanila. Si Felix at David ang nag-aayos ng mga gatong para hindi maging malakas o mahina ang apoy. Si Eman naman abala sa pag-aayos ng mga karne katulong si Denzel at Blaster na halatang hindi makapag-hintay.

Si Josh abala sa hawak na gitara na hindi ko alam kung saan nila nakuha. Katabi niya si Calix na tinuturuan siyang gumamit. Si Edrix at Rory naman mukang nang-aaway.

**"Isusumbong kita kay Fre—friend!"** Banta ni Rory.

**"Bwisit ka! Susunod talaga hindi ko na sasabihin sayo kung sino nagugustuhan ko! Inaasar mo ko!"** Pikon na sagot ni Edrix.

Agad namang gumitna si Drew sa kanila. Si Eren naman panay pa rin ang pang-aasar kay Mayo at Kit pero hindi naman siya pinapansin ng dalawa.

Si Yuri abala sa mga inumin. Parang may napansin akong alak pero hindi ako sigurado dahil sinara niya agad ang cooler.

**"Simula na ba?"** Tanong ko kila Eman bago maupo sa tabi ni Ci-N.

**"Malapit na—Blaster! Sasaksakin kita ng barbecue stick!"** Inis na banta niya ng panglaruan ni Blas ang karne.

**"Ang tagal! Nagugutom na ko!"**

**"Manahimik ka sa isang tabi!"** Utos ni Denzel.

Nakanguso namang tumayo si Blaster at lumapit kila Josh. Hindi pa man din nag-iinit ang pwet niya sa kinauupuan, nagsimula na naman siyang mangulit kila Calix at Josh.

**"Wag kang tumigil. Hahambalos ko sayo to."** Mahinahong banta ni Josh sabay turo sa gitara.

*Nakakatakot.*

Agad na umalis si Blas at humanap ng makukulit. Hanggang sa magsalubong ang tingin namin at ngumiti ng malawal ang walanghiya. Patakbo pa siyang lumapit samin at naupo sa tabi ko.

**"Kumusta ba?"** Mapang-asar na tanong niya.

**"Gusto mong umuwi ng basag ang muka?"** Seryosong tanong ko at agad nawala ang mapang-asar niyang ngiti.

**"Eto naman... Nanganga-musta lang."** Sabi niya na may halong pagtatampo.

**"Mang-aasar ka lang eh."**

**"Hindi."**

Pinaningkitan ko siya ng mata. Nagtaas siya ng kamay na para bang nangangako.

Tinanggap ko nalang ang sinabi niya at hinayaan ko siya maupo sa tabi namin. Totoo namang hindi na siya nang-aasar pa lalo na ng humaba ang kwentuhan namin.

Pati ang nangyayari kay Keigan at sa girlfriend nitong bestfriend niya. Matagal na palang umiiwas ang babae sa kaniya pero nag-aalala siya kaya nilalapitan pa rin niya. Pero pinagtaka ko ang sunod na sinabi niya.

**"Minsan daw, parang ibang tao ang kaharap niya at parang hindi si Keigan na boyfriend niya."**

Halata sa boses niya ang pag-aalala sa bestfriend. Gusto ko mang magsalita ng ikagagaan ng loob niya, minabuti kong makinig nalang. Baka kasi may masabi akong hindi dapat.

**"Kung ako masusunod, gusto ko maghiwalay na sila. Natatakot ako para sa kaniya."** Dagdag pa niya.

**"Bakit naman?"**

Lumapit siya sakin para bumulong. **"Ayaw lang aminin ni Keifer pero may tama talaga sa utak ang kapatid niya."**

Napayuko ako. Gusto kong magalit kay Blaster dahil sa sinabi niya pero ano namang alam niya. Hindi ko lang hindi maiwasan na masaktan.

Pareho kami ng symptoms sabi ni Keifer. Kung baliw si Keigan, ibig sabihin non baliw din ako. Naging mabigat ang paghinga ko at parang may nagbara sa lalamunan ko. Agad akong nagpaalam na para makaalis.

Lumapit ako sa dalampasigan at pinagmasdan ang papalubog na araw. Halos wala ng natitirang liwanag at nanakop na ang dilim. Duon ko pilit inilipat ang atensyon na naging epektibo naman.

**"Ganda talaga ng sunset."** Komento ni Calix. **"Next time isasama ko si Mica."**

*Edi ikaw na!*

Matapos ang panonood ng sunset, lumapit ulit kami sa bonfire para naman hintayin ang barbecue. Panay ang kanta at kwentuhan ng mga luko.

**"Sino may gusto?"** Alok ni Edrix na may hawak ng bote ng alak.

*Alak nga!!*

Halos lahat nagtaas ng kamay kaya mabilis silang inabutan ni Edrix. Nagtaas din ako ng kamay.

**"Ako din!"** Sabi ko at agad silang natigilan habang nakatingin sakin.

Alam ko na kung anong iniisip nila. Agad ko silang tinignan ng masama.

**"Alam mo Jay."** Sabi ni Rory. **"Maganda sa katawan ang tubig. Meron ding buko juice."**

Napanguso ako. **"Isang bote lang."**

Inabutan ako ni Edrix ng isang bote ng malamig na tubig. Bote ng alak ang tinutukoy ko pero ibang bote ang inabot nila sakin.

**"No alcohol for you."** Sabi ni David.

Malakas ang naging tawanan nila. Hanggang sa nauwi sa pang-aasar. Bigla nalang tumayo ang iba at nagsimulang sumayaw sa harap ng apoy. Sinabayan pa ni Ci-N na nag-chicken dance.

Kahit naiinis hindi ko pa ring hindi mapigilan na hindi matawa. Hinayaan ko nalang sila sa pang-aasar nila sakin.

Sinong mag-aakala na magkakasama pa kami sa small outing na to. Kompleto sa pagkain, asaran at tawanan.

Higit sa lahat—*kumpleto kami.*

*Pero hanggang kailan?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 333

**A/N:** Wazzup? Tagal no? Ako din nainip.

By the way, a reminder to everyone. May nagsabi sakin na may gumagaya daw kay Jay-jay at lagi na din nagmumura.

Please! Don't!

Walang Keifer na hahalik sa inyo. Nanay na sasampal meron.

**Home**

***Jay-jay's POV***

**"Jay-jay."** Tawag ng kung sino. **"Gising na."**

Pilit kong dinilat ang mga mata ko at ang bukas na bintana ang bumungad sakin. Madilim pa rin sa labas, kaya hindi ko maintindihan kung bakit ginigising na nila ko.

**"Bangon na. Papanoodin natin ang sunrise."** Excited na sabi ni Ci-N. **"Tapos uuwi na tayo."**

*Oo nga pala.*

Bago kami pumasok sa loob para matulog, napag-usapan na panoorin ang pagsikat ng araw bago kami umuwi. Lahat kami pumayag dahil baka matagalan pa ang susunod na outing namin.

Pinilit ko ang sarili kong bumangod. Bumungad si Kei—*kwanan* na nagpupunas ng muka gamit ang twalya.

*Dito siya natulog?*

**"Bangon ka na! Gigisingin ko ang iba."** Nakangiting sabi ni Ci bago lumabas ng kwarto.

Bumangon naman ako kagaya ng utos niya. Tinignan ko ng masama ang Hari ng mga Ulupong. Inosente siyang nagtaas ng kilay sakin.

**"Dito ka natulog?"** May halong pagbabanta ang boses ko.

**"No. Dito lang ako naghilamos."** Sagot niya na nagpahinahon naman sakin.

Agad akong tumayo para makapag-ayos na. Ni-lock ko agad ang pinto ng banyo pagpasok ko. Ako naman ang naghilamos at nag-ayos. Nagpalit na din ako ng damit.

Sandali kong tinitigan ang mga natitira pang damit. Paano kaya ang mga to kapag umalis na kami? Wala namang ibang tao dito sa isla kaya walang gagamit nito o pwedeng pagbigyan.

*Iuwi ko kaya?*

Matapos mag-ayos lumabas na ko ng banyo at kwarto. Abala ako sa pag-iipit ng buhok habang pababa ng hagdan. Nagkakagulo ang mga Ulupong. Minamadali na nila Felix, David, Eman at Yuri ang iba. Si Ci-N naman labas-masok sa pinto at halatang excited na excited.

**"Dali na! May liwanag na ang langit!"** Gigil na sabi ng Batang Kumag.

Pupungas-pungas si Kit habang pilit ginigising si Mayo na nasa tabi niya. Si Eren naman cellphone agad ang hinanap. Si Blaster binalak pang bumalik sa pagtulog pero hinampas siya ni Eman ng unan. Nakabangon na si Drew na nakipag-unahan kay Josh sa banyo.

**"Pwede bang magkape muna?"** Tanong ni Calix pagkatapos mag-inat.

**"Mamaya na. Maghimalos na kayo, bilis!"** Pagmamadali ni Eman.

Napilitan ang lahat na bumangon na at pumila papunta sa banyo. Ang iba sa taas nagpunta, si Kit hinatak ni Eren papunta sa likod kung saan may gripo. Sumunod naman sa kanila si Mayo at Denzel.

**"Good morning."** Bati sakin ni Yuri habang nakangiti.

**"Good morning din. Natulog pa ba kayo?"** Tanong sa kaniya.

Late na rin kami bumalik sa bahay para matulog. Tapos ang iba sa kanila naiwan pa para tapusin ang kwentuhan at ubusin ang natitirang alak.

**"3 hours. Then I woke up because of Ci-N."** Sagot niya at naghikab.

Ang tindi talaga ma-excite ng isang yon. Napailing nalang ako bago mag-paalam sa kaniya at mauna ng lumabas ng bahay. Nakita ko si Ci-N na pabalik-balik sa dalampasigan at sa terrace ng bahay.

Pa-totoo sa sinabi niya, nag-kakaroon na nga ng liwanag ang langit. Hindi ko napansin ang oras kanina pero sa tantsa ko mga 5 na ng umaga.

**"Ayan na! Ayan na! Hindi natin makikita!"** Sigaw niya na parang problemadong-problemado.

**"Eto na..."** Walang buhay na sagot ni Felix habang palabas ng bahay.

Kasunod niya ang ibang Ulupong na halatang napipilitan lang sumama. Gusto ko silang batukan dahil sa mga itsura niya. Ang lakas ng loob nilang sumang-ayon tapos ngayon parang ayaw nilang ituloy.

**"Dun tayo sa cliff."** Sabi ni Kei—*kwanan* at nagpauna maglakad.

Lahat kami nakasunod sa kaniya hanggang sa marating namin ang malaking bato kung saan siya nadulas. Kaniya-kaniya na kami ng akyat para lang marating ang tuktok.

Malapit na ko sa taas ng ialok sakin ni Yuri ang kamay niya para tulungan ako. Tinanggap ko naman at mas mabilis akong naka-akyat. Dahil hindi pantay ang tuktok ng batuhan nag-kaniya-kaniya kami ng pu-pwestuhan kung saan kami magiging komportable.

Mas nagliliwanag na ang langit. Si Ci-N nasa dulong bahagi ng batuhan. Samantalang ako nasa dulo katabi si Kei—*kwanan*. Sandali siyang naghikab kaya napatingin ako sa kaniya.

Sinalubong niya ang tingin ko ng mapansing nakatingin ako. Ngumiti siya tapos kumindat. Irap naman ang naging sagot ko sa kaniya.

*Ang aga-aga! Manahimik ka dyan!*

**"My morning is better now, coz I know you're just by my side."** Sabi niya at bigla nalang ako nakarinig ng nagsusuka.

"*Ang corny!*"

"*Nasusuka ako!*"

"*Pre, buntis ka?*"

"*Gago! May matres ba ko?*"

**"Ladies and gentlemen, this an example of a person who forgot to eat breakfast."** Parinig ni Yuri at nagtawanan naman ang mga Ulupong.

Pumulot ng maliit na bato si Kei—*kwanan* at binato kay Yuri. Hindi naman niya yon ininda at tumawa lang habang umiiling.

**"Ayan na!"** Sigaw ni Ci-N kaya napatingin kaming lahat sa harap.

Sumisilip na ang haring araw. Bahagya naman kaming lumapit para mas makita. Ganun nalang ang ngiti ko ng maghalo ang liwanag at dilim. Pero mabilis nangibabaw ang liwanag dahil sa sinag ng araw.

Hindi ko maiwasang hindi mamangha ng mas magpakitang gilas ang kulay ng langit. Tinignan ko naman ang mga Ulupong at lahat sila namamangha din maliban sa isa. Sa akin nakatingin ang walanghiyang Hari ng mga Ulupong. Sinenyasan ko siyang tumingin sa harap pero inabot lang niya ang kamay ko para hawakan.

**"I love you."** Sabi niya ng walang lumalabas na boses.

Parang may sumipa sa puso ko at nagsimula ng magwala. Mabuti nalang at lahat ng Ulupong sa harap nakatingin. Pilit kong inagaw ang kamay ko pero tinatawanan lang ako ng kumag.

*Pag-ako nainis, ihahampas ko siya sa batuhan.*

Sandali akong napapikit ng tamaan ako ng sinag ng araw. Hinarang ko ang isang kamay ko sa muka ko para takpan ang liwanag pero ang malapad na kamay ni Kei—*kwanan* na ang gumawa non para sa akin kaya nilingon ko siya.

Ang seryosong tingin pero nangungusap niyang mga mata ang sumalubong sakin.

**"Talon!"** Sigaw nila pero hindi ko na nagawang tignan kung anong ginawa nila dahil na rin sa liwanag na humaharang o mas tamang sabihin na dahil sa hindi ko mahiwalay ang tingin sa kumag na to.

Hanggang sa marinig ko ang sigawan at pagtama nila sa tubig.

**"Para sa ekonomiya!"**

*Isa.*

**"I love you Mica!"**

*Dalawa.*

**"More utang!"**

*Tatlo.*

**"I love you daw Friend!"**

*Apat.*

**"Sira ulo mo Rory!"**

*Lima.*

**"Kit and Mayo! Forever!"**

*Anim.*

**"Walang forever!"**

*Pito.*

**"Gusto ko girlfriend sirena!"**

*Walo.*

**"Balyena para kay Eren!"**

*Siyam.*

**"Pauwi na ko Edy!"**

*Sampu.*

**"More sleep!"**

*Labing-isa.*

**"Sana magka-girlfriend na ko!"**

*Labing dalawa.*

**"Grace at Baby namin!"**

*Labing tatlo.*

**"More foods!"**

*Labing apat.*

**"Wait for me Hahaoya!"**

*Labing lima.*

Wala ng natitira. Kaming dalawa nalang ng Hari ng mga Ulupong at nakatitig pa rin sa isa't-isa. Alam kong dapat na kaming sumunod sa mga Ulupong na yon dahil magtataka sila kung bakit ang tagal namin.

**"Kei—."**

**"Itataya ko ang lahat ng yaman ko, basta ikaw ang una kong m-makikita pag-gising ko sa umaga."** Sabi niya kahit halos mamalipit ang dila niya sa pagtatagalog.

*Ako din, kaso wala akong yaman.*

**"K-keifer—."**

Bigla nalang siyang ngumiti na nagpatigil sakin. Nakita ko din ang pagkislap ng mata niya at unti-unting pagpatak ng luha.

Gusto kong itanong kung bakit samantalang pangalan palang niya ang binabanggit ko.

**"Why does my name sounds so lovely when it comes from your lips?"** Tanong niya.

*Whut?*

Bago pa man ako magkapag-salita nakalapat na ang parehong kamay niya sa magkabilang pisngi ko. At mabilis na dumikit ang labi niya sa labi ko.

Hindi ko alam kung bakit pero parang nasabik ako. Parang isang bagay na matagal ko ng hinahanap at ngayon nasa harap ko na. Kusang yumakap ang mga braso ko sa kaniya. Kasunod ng pagpikit ng mga mata ko at pagpapaubaya sa halik niya.

Malakas ang ihip ng hangin na tumatangay sa ilang hibla ng buhok ko. At nang dahil sa hangin naramdaman ko ang malamig na tubig sa mga pisngi ko.

*Luha?*

Mga luha pero hindi galing kay Keifer, kundi galing....*sa akin.*

Mas mabilis at nakakabingi ang tibok ng puso ko. Sumisikip ang dibdib ko at kung ano-anong bagay ang pumapasok sa isip ko. Hindi ko alam kung anong tamang gawin, basta ang alam ko lang mahihirapan akong bumitaw.

Hawak ko ang taong mahal ko, ang taong matagal kong hinihintay pero bakit nakakaramdam ako ng takot?

Hindi ko alam kung gaano na kami katagal na magkayakap basta ang alam ko lang, sa amin ang oras at kami ang may hawak. Nang humawalay siya pinagdikit niya ang mga noo namin.

Nakapikit pa rin ako at pinipigilan ang pag-iyak.

**"Let me keep you."** Bulong niya.

Pilit akong humahagilap ng tamang salita na isasagot sa kaniya. Malaking bahagi ko ang gustong umo-o pero hindi mawawala ang pangamba at takot. Wala akong ibang maisip na isasagot.

**"G-gago."** Ang tanging lumabas sa bibig ko.

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. Sasagot pa sana siya pero narinig namin ang pagtawag ng mga kapwa niya Ulupong.

"*Hoy! Talon na!*"

"*Anong ginagawa niyo dyan?*"

"*Talon na Jay-jay!*"

Bumitaw siya sakin at pinunasan ang muka. Malakas siyang nagbuntong hininga pero nasundan yon ng pag-ngiti.

**"They're looking for us."** Sabi niya at naglakad palapit sa dulong bahagi ng batuhan.

"*Keifer! Talon na!*"

"*Tara na dito!*"

Kumaway si K—Keifer sa kanila bago tumingin sakin.

*Keifer.*

Ano nga bang dahilan ko kung bakit ayokong banggitin ang pangalan niya? Dahil sa tuwing naririnig ko o binabanggit ko tumatalon ang puso ko.

Meron pa rin naman akong nararamdaman pero ngayon hindi na ko natatakot sabihin ang totoo niyang pangalan.

**"Hihintayin kita."** Sabi niya sakin bago umayos ng pwesto.

**"I love you Jasper Jean!"** Sigaw niya bago tumalon.

Naglakad ako palapit sa dulong bahagi ng batuhan. Nakita ko agad ang mga Ulupong habang nakatingala sakin. Kumaway sila sakin kaya kumaway din ako.

Kaya kong tumalon. Nagawa ko na nung isang araw ng mahulog ang kumag na yon pero napatigil ako ng makita siya kasama ng mga Ulupong.

*Bakit parang sasabog ang puso ko?*

Alam kong mali na nagpa-ubaya ako. Mali na tumugon ako sa halik niya pero kusang sumusuko ang sarili ko kapag nakikita ko nahihirapan siya. Ang rupok din!

Tumingin ako sa babagsakan ko. Huminga ako ng malalim at tinignan ang haring araw.

**"Wag nang marupok!"** Buong lakas kong sigaw at tumalon.

Naramdaman ko ang pagtama ko sa tubig. Agad na may humila sakin pataas para makahinga. Pinunasan ko ang muka ko para makadilat at malakas na hiyawan nila ang bumungad sakin.

**"Nice one!"** Pang-aasar ni Eman.

**"Marupok!"** Tumatawang gaya sakin ni Eren.

**"Iba din!"** Sabi ni Felix at pumalakpak.

*Mga bwisit kayo!*

Nauwi sa malakas na tawanan ang pang-aasar nila. Nagbabad muna kami ng ilang minuto bago umahon dahil sa gutom. Hindi pa kami nag-aalmusal.

Wala kaming tigil sa pag-ku-kwentuhan habang naglalakad pabalik ng bahay.

**"Balik tayo dito after graduation."** Sabi ni Ci.

**"Gusto mo tuwing summer."** Sagot ko at pumalakpak naman siya sa tuwa.

Pagbalik sa bahay dumiretso ako sa banyo para maligo at mag-ayos. Mabilis ang naging kilos ko dahil alam kong aalis na kami ng isla at kailangan ko pang ayusin ang mga gamit ko.

Sinuot ko na ulit ang uniform kong suot ko ng magpunta ako dito. Si Keifer ang naglaba para sakin gamit ang washing machine. Meron namang laundry area sa baba katabi ng gripo.

Nang-hihinayang ako sa mga maiiwang gamit dito. Kahit hindi ko naman pagmamay-ari sayang pa rin.

Paglabas ko ng banyo, napatingin ako sa bag ko na nasa kama. Katabi non ang box na nakuha ko nung Friday na may lamang tasa na Snorlax. Katabi din non ang cellphone ko at ilang notes na ginamit namin sa pag-re-review. Pati na din ang medyas kong magka-iba.

Una kong kinuha ang cellphone ko at binuksan. Ganun nalang ang takot ko ng sunod-sunod ang pagpasok ng mga text messages. Malakas ang kutob kong galing sa nagpapanggap na anghel ang mga mensahe.

*Gagawa na ba ko ng sulat pamama-alam?*

Nang matapos ang walang humpay na pagtunog ng cellphone ko, tsaka ko lang tinignan ang mga messages.

Pinaka-marami ang kay Kuya na umabot ng 529. Sunod jay Aries na umabot ng 413. May 12 naman galing kay Tita Gema at ang iba pang natitira galing naman sa mga Ulupong at network na masipag magpa-alala ng expiration at load.

Binuksan ko ang ilan sa messages ni Kuya.

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages:** *Where the fvck are you?*

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages**: *Are you ignoring my messages?*

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages**: *I can't reach your phone. Call me when you get my messages.*

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages**: *JASPER JEAN! IT'S 12 MIDNIGHT!*

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages**: *JASPER JEAN!!! I'M ABOUT TO LOSE MY TEMPER NOW!*

**From:** *Kuya Angelo*
**Messages**: *TELL KEIFER THAT HE'S DEAD!!*

***From:*** *Kuya Angelo*
***Messages****: NO! YOU'RE BOTH DEAD!!*

Karamihan sa mga sumunod niyang text at puro pagbabanta at naglalakihang letra pa. Parang gusto ko ng simulang umiyak. Napahiga nalang ako sa kama kasunod ng pagpapadyak.

*Hindi ko naman kasalanan to. Bakit pati ako?*

Hindi ko naman ginustong mapunta sa isla na to. Kung alam ko lang hindi ko na sana ininom ang tubig na yon. Anong saysay ng isla na to kung maaga naman akong ma-mamatay.

Baka pwede kong pagpalit ang buhay ko sa isla? Sasabihin ko kay Kuya kaniya nalang isla ko, wag lang niya ko saktan. Pero syempre hindi papayag yon at ayoko din namang mawala sakin ang islang to. Meron na kong tatakbuhan at tataguan kapag umandar ang topak ni Kuya.

Hindi ko alam kung paano siya haharapin. Matindi-tinding sermon ang matatanggap ko. Kailangan maisip kagad ako ng counter attack.

*Meron akong isla! Ikaw wala!* Mga ganung linyahan. Ewan ko lang kung hindi pa ko sampalin ni Kuya Angelo dahil sa galit.

Sunod ko namang binuksan ang messages ni Aries na sumusunod sa pinaka-marami.

**From:** *Horoscope*
**Messages**: *Who are you with?*

**From:** *Horoscope*
**Messages**: *Wag kang sasama kay Percy.*

Sandaling nangunot ang noo ko dahil sa text niya tungkol kay Percy. Bigla kong naisip na baka may kinalaman to sa pag-uwi ni Papa.

*Ibig sabihin pati si Aries may alam?*

Bigla kong naalala nung unang beses na magkita kami ni Papa sa school tour na ginawa namin sa isang University. Kilala siya ni Papa at pinagsalitaan din niya na para bang matagal na silang magkakilala.

Hindi ko tuloy maiwasan na hindi maghinala. Nagsisimula na naman ba silang lokohin ako? Ako na naman ang maiiwang walang alam.

Tinignan ko pa ang iba sa mga messages niya na lalo pang nagpakunot ng noo ko.

**From:** *Horoscope*
**Messages**: *No matter what he says against me, I have an explanation about it.*

**From:** *Horoscope*
**Messages**: *I have lots of thing to explained. Don't make an assumption.*

Nakagat ko ang kuko sa hinlalaki ko. Meron siyang tinatago sakin at natatakot siyang si Percy ang magpapa-alam. Alam din niyang meron akong ibang iisipin. Pero tungkol naman saan?

Mukang kailangan ko na talagang makauwi para maka-usap siya. Agad kong inayos ang mga gamit ko. Nilagay ko muna lahat sa bag at binitbit yon palabas ng kwarto. Mabilis ang hakbang ko pababa ng hagdan.

**"Almusal muna Jay!"** Sigaw ni Eman mula sa kusina.

Sakto namang kumalam ang sikmura ko.

*Makaka-paghintay si Aries, ang pagkain hindi.*

Binaba ko muna ang bag sa sofa at lumapit sa kanila. Dahil walang mapwestuhan, nakatayo ang iba habang kumakain.

**"Hoy! Sinong kumuha ng ham?"** Inis na sigaw ni Rory.

**"Hanapin mo kay Friend! Letse ka!"** Inis na sagot ni Edrix pero malakas na tawa lang ang binawi ng isa.

**"Fried rice pa!"** Si Ci habang nakasahod ang plato kay Eman.

**"Pang-ilang balik mo na yan?"** Si Felix habang sinusundan ng tingin ang sinasandok na kanin.

**"Pangatlo mo na yan!"** Si Eren ang sumagot.

**"Dalawa palang!"** Pagtatama ni Ci pero halatang walang maniwala sa kaniya.

Pasimple akong kumuha ng plato at inabot yon kay Eman. Para kaming nanghihingi ng rasyon sa mga itsura namin. Pagbalik ng plato sakin, malakas na tumawa sila Felix at Ci-N. Punong-puno ng kanin ang plato ko na para bang hindi na ko uulit.

Tinignan ko ng masama si Eman na ngiting luko-luko na naman. Halatang tuwang-tuwa siya sa kalokohan niya.

*Sinadya ng walanghiya.*

**"Napaka-dami naman!"** Reklamo ko.

**"Kuwari ka pa. Ganyan ka naman talaga karami kumain."** Pang-aasar pa ni Eman.

**"Saan ko lalagay ang ulam?"** Inis na tanong ko.

Mas lalong lumakas ang pagtawa nila Felix kaha napatingin ang ibang Ulupong samin.

"*Napakatakaw talaga!*"

"*Bibitayin ka na ba?*"

"*Para wala ng balikan!*"

Inis ko naman silang tinignan. Kapag talaga nakakuha ng pagkakataon ang mga walanghiya, hindi nila ko tinitigilan ng pang-aasar.

**"Orasan mo. Sandali lang kay Jay-jay yan."** Utos ni Yuri kay Felix at nagsimula ang pustahan.

Merong tumaya ng 5 minuto, merong 10 minuto at ang pinaka-matagal ay 15 minuto. Hindi talaga nila ko hinayaan na kumain hanggat hindi tapos ang usapan at hindi pa nagsisimula ang oras.

Wala nga lang nanalo dahil inabot ako ng 7 minutes para maubos ang pagkain ko. Sinadya ko yan dahil nagkanda samid-samid ako dahil sa kanila.

Mabilis na natapos ang pagkain namin ng almusal. Sila Denzel, Drew at Blaster ang naatasang maghugas ng plato. Nang matapos sila tsaka ko lang napansin na wala si Kei—keifer. Magtatanong palang sana ako ng lumabas si Ci-N.

**"Andyan na si Keifer!"** Sabi pa niya.

Kaniya-kaniya na kami ng lakad palabas. Tinuro ng Hari ng mga Ulupong ang kaparehong daan kung saan galing ang mga kapwa niya Ulupong kahapon.

Lumapit naman ako sa kaniya para kausapin siya.

**"Paano tong bahay saka mga gamit sa loob?"**

**"May pupunta dito para ayusin lahat ng yan."** Sagot niya at ngumiti.

Akmang hahawakan niya ang kamay ko pero agad akong lumakad pahabol kila David na nasa hulihan.

**"Seriously? Until now?"** Tanong niya pero hindi ko pinansin.

Napatingin naman ako kay David ng marinig ko ang mahina niyang pagtawa. Tinignan ko siya at bahagya naman siyang umiling.

**"Tawa ka dyan."**

**"How long are you planning to threat him like this?"** Pabulong niyang tanong.

**"Hindi ko alam. Bakit?"**

**"Papahanda lang ako popcorn habang pinapanood siyang nahihirapan."** Sagot niya at bahagya kaming tumawa.

Pasimple kong tinignan ang Hari ng mga Ulupong at ganun nalang ang gulat ko ng makita ko siyang masamang nakatingin samin. Pero sa halip na matakot ako, natawa nalang ako.

Malayo-layo din ang nilakad namin hanggang sa matanaw ko ang *yat*e ng kumag na sinasabi nilang ginamit nila papunta dito. Napakurap-kurap ako sa ganda at laki ng yate.

*Tapos sasabihin ni Eren hindi kasya mga girlfriendsssss niya. Ilan ba sila?*

Isang mahabang kahoy na rampa ang dinaanan namin para makalapit sa yate. Hindi pa din kami tuluyang nakakalapit ng husto nangunot na ang noo ko dahil sa nabasa kong nakasulat sa gilid ng yate.

***Jay-jay's rocking boat.***

Agad kong hinanap ang walanghiya. Tama ba namang ilagay ang pangalan ko sa bangka.

**"Ano to? Sasakmalin kita dyan!"** Inis na sabi ko habang nakaturo sa pangalan ko.

Dinig ko ang pagtatawanan ng mga Ulupong habang sumasampa sa yate.

**"What? You should feel flattered for naming it after you."**

**"Muka ba kong bangka?"** Sarcastic na tanong ko at natawa nalang siya.

Umiling lang siya habang natatawa. Nilapitan niya ko at pilit pinapasampa sa yate. Hinampas ko muna siya bago gawin yon. Kung todo irap naman ako sa mga tukmol na sinasalubong ako ng pagtawa.

Lalo lang ako nabu-bwisit sa kanila. Pinili ko nalang manahimik sa isang sulok. Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako pero ramdam kong buhat ako ng kung sino at nilapag sa malambot na higaan.

**"*Sweet dreams my Queen.*"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 334

**Back Home**

***Jay-jay's POV***

Natatakot akong pumasok ng bahay. Pakiramdam ko nag-aabang na sa pinto si kamatayan, hawak ang kalawit niya. Tapos biglang bubulong ng '*Welcome Home*'.

*Ay putcha! Hindi ko yata kakayanin.*

**"Gusto—?"**

**"KAMATAYAN!"** Sigaw ko na pumutol sa sasabihin ni Yuri.

Sabay sila ni Keifer na tumingin sakin na para bang isa akong baliw. Alanganin ngiti at ngiwi ang naging sagot ko.

**"Look, kung natatakot ka kay Angelo sasamahan kita sa loob."** Prisinta ng Hari ng mga Ulupong.

**"That's what I'm about to say."** Sabi ni Yuri.

Palihim kong kinagat ang labi ko. Kung tutuusin dapat kanina pa sila naka-uwi. Kayalang ayaw nilang umalis hanggat hindi nila nasisiguro na magiging okay ako sa kamay ni Kuya Angelo.

*Hindi mangyayari yon.*

Sinilip ko ang cellphone ko ng marinig ko ang pagdating ng text message. Lalu akong kinabahan ng makita kong galing yon kay Kuya yon.

**From:** *Kuya Angelo*
**Message:** *Alvin said your whole section is absent. Please...if you read my messages call me.*

Sa pagkakataon na to alam kong nag-aalala na siya. Mabilis akong nakaramdam ng konsensya. Mas sanay ako kapag galit siya dahil sa mga kalokohan ko, hindi ganitong nag-aalala siya sakin.

Hindi ko siya tinawagan kagaya ng gusto niya pero nagpadala ako ng text message na pauwi na ko ng bahay. Huminga pa ko ng malalim bago pindutin ang send.

Sandali kong tinignan ang gate ng bahay bago harapin sila Yuri at Keifer.

**"O-okay na. Papasok na ko sa bahay."** Sabi ko sa kanila at tumango naman sila.

Binuksan ko ang pinto ng kotse pero bago pa man ako makalabas nauna na sila bumaba sakin.

**"We'll wait here for a while incase something happens."** Sabi ni Keifer.

Tumango nalang ako at naglakad na palapit sa gate ng bahay. Sandali ko pa sila nilingon bago ako tuluyang pumasok. Dahan-dahan pa ang bawat hakbang ko bago makapasok sa pinto ng bahay.

Si Tita Gema ang una kong nakita na nakaupo sa sofa at halatang balisa.

**"T-tita."** Mahinang tawag ko sa kaniya at agad siyang lumingon.

**"Jay-jay!"** Sigaw niya at mabilis na tumayo para salubungin ako ng yakap. **"Saan ka galing? Pinag-alala mo kami."**

Yumakap din ako sa kaniya ng mahigpit. Akala ko galit pa rin siya sakin. Kahit papano nabawasan ang takot ko.

**"Wag mo na uulitin yon. Baka patayin kami ng Mama mo kapag nalaman niyang nawala ka."** Biro niya at bahagyang ngumiti.

Pero mabilis nawala ang ngiti niya ng makita niya ang pumasok sa pinto. Nilingon ko yon at bahagyang nakayukong si Keifer ang bumungad sakin.

**"Good morning—."**

Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil sa malakas na sampal ni Tita Gema. Natakpan ko ang bibig ko dahil sa gulat.

**"Ang kapal ng muka mo!"** Isa pang sampal ang binigay niya. **"Anong ginawa mo sa pamangkin ko?!"**

Agad akong lumapit para pigilan siya pero nakahawak na ang dalawang kamay niya sa damit ni Keifer.

**"Tita... W-wala siyang ginawa."** Sabi ko pero parang wala siyang naririnig.

**"Anong ginawa mo kay Jay-jay?! Ha?!"** Sigaw pa niya at hinampas si Keifer gamit ang isang kamay niya. **"Kagaya ka din ng Tatay mo! Walanghiya ka din! Mga hayop!"**

**"Tita!"** Sigaw ko at pilit siyang nilalayo.

Kita ko ang galit sa mga mata niya habang umaagos ang mga luha. Hindi ko maintindihan kung anong sinasabi niya at bakit pati ang Tatay ni Keifer nabanggit niya.

Hindi naman lumalaban o nagsasalita si Keifer kay Tita Gema. Nakayuko lang siya habang tinatanggap ang hampas at sampal sa kaniya. Hindi ko maiwasan na hindi masaktan sa nakikita ko.

**"Tita! Tama na po!"** Sigaw ko habang naka-yakap sa kaniya at pilit siyang nilalayo.

**"Mga walanghiya kayo! Hindi pa kayo nasiyahan sa paninira ng buhay ko pati pamangkin ko idadamay niyo!"**

**"MA!"** Parang kulog na sigaw ni Kuya mula sa likod ni Keifer.

Napabitaw ako mula sa pagkakayakap kat Tita st tinignan si Kuya na may pakiki-usap.

Bumitaw si Tita Gema at sinalubong niya si Kuya. **"Tumawag ka ng pulis! Ipadampot mo ang hayop na to!"**

Kusa nalang ako napa-iyak ng makita kong umaagos pa rin ang luha ni Tita. Mabilis siyang niyakap ni Kuya.

**"Sshh... Nothing happens. Jay-jay is okay."** Mahinahong sabi ni Kuya Angelo.

Tinignan ko si Keifer na pinupunasan ang labing duguan dahil sa malakas na sampal ni Tita. Gusto kong lumapit at humingi ng tawad sa kaniya pero baka biglang magwala si Tita at magalit si Kuya.

**"Hindi! Ipakulong mo yan!"** Pagpipilit ni Tita.

**"Ma, Keifer is not him. Please..."** Halos pabulong na sagot ni Kuya.

**"Ako ang tatawag —!"**

**"MA! STOP!"** Sigaw ni Kuya na nagpatigil kay Tita.

Napa-atras naman ako dahil sa takot. Galit ang tono niya pero ramdam ko na may kirot. Ramdam ko na ayaw niyang ganito si Tita.

*Nasasaktan siya.*

Napalingon ako sa pinto ng makita ko si Yuri sa likod ni Keifer. Mukang nakuha na niya kung anong nangyari.

Nagsalubong ang tingin namin ng Hari ng mga Ulupong. Ngumiti siya para sabihin na okay lang ang nangyari. Pero hindi ganun ang nararamdaman ko. Nasasaktan ako makita na tinatanggap lang niya ang sakit na para bang wala na siyang magagawa.

Pwede naman siyang mag-dahilan. Pwede naman niyang sabihin na inutos yun ni Kuya at nagkataon lang na kailangan naming magtagal. Pwede naman siyang magsinungaling.

*Pero bakit tinanggap mo lang?*

**"Jay."** Tawag ni Kuya na bahagyang nagpa-iktad sakin. **"Ask them not to leave."**

Pinunasan ko ang mga luha ko bago tumango. Pinanood ko siyang alalayan si Tita papunta sa kwarto niya. Hinintay ko muna silang mawala sa paningin ko bago lapitan ang dalawa na nakatayo pa rin sa pinto ng bahay.

**"W-wag daw muna kayong umalis."**

Ngumiti si Yuri at tumango.

**"I have no plan to."** Mayabang na sagot nitong kumag. **"Mamamanhikan na ko."**

Pareho kami ni Yuri na napangiwi sa kaniya.

**"Sira ba ulo mo?"** Inis na tanong ko.

**"Hindi. Pananagutan na kita."** Sabi niya na parang wala lang. **"Kaya nga galit na galit ang Tita mo. Sayang naman ang galit niya kung wala akong gagawin."**

*Sira-ulo!*

Nag-tinginan kami ni Yuri at alam kong pareho kaming gusto ng banatan ng suntok ang tukmol na to.

**"Alam mo, tarantado ka."** Sabi ko at tinalikuran siya para pumunta sa kwarto ko.

Hindi ako tanga, alam kong nagbibiro lang siya para pagaanin ang sitwasyon. Hindi mawawala sa isip ko ang itsura niya habang tinatanggap ang mga sampal at masasakit na salita ni Tita. Sumisikip ang dibdib ko tuwing naiisip ko na wala kaming magawa para itama ang akala niya.

Nadaanan ko ang kwarto ni Tita na bahagyang nakabukas ang pinto. Nakahiga na siya sa kama habang kinakausap ni Kuya. May isang maid sa loob na may hawak na baso ng tubig.

Pinili kong wag muna manghimasok sa usapan nila. Hindi ko alam ang totoong nangyari, pero may mga bagay akong naalala habang naririnig ang mga sinasabi ni Tita.

Kilala ni Mama at Tita Gema ang mga Watson dahil minsan ng nagsalita si Mama tungkol sa kanila. Pero ngayon, napatunayan kong kilala ni Tita Gema ang Tatay ni Keifer. Base sa mga sinabi niya, meron siyang hindi magandang karanasan sa kanila.

*Sinira nila ang buhay ni Tita.*

Pagdating sa kwarto ko, inayos ko muna ang gamit ko bago magbihis. Nakatulala ako habang naka-upo sa kama at yakap ang dalawang tuhod ko.

Hindi ko gusto ang mga naglalaro sa isip ko. Bakit pakiramdam ko meron pang mas malalim na nangyari noon? Gusto kong malaman ang totoo pero hindi ko naman pwedeng tanungin si Tita at Kuya. Hindi ko rin alam kung may alam ba si Keifer.

Nakagat ko ang ibabang labi ko bago tumayo at maglakas palabas ng kwarto. Balak kong balikan sila Keifer sa sala pero napahinto ng makita kong kausap sila ni Kuya. At mukang seryosong-seryoso ang usapan nila.

Gusto kong lumapit para makinig pero alam kong malilintikan ako kay Kuya kapag ginawa ko yon. Nakontento nalang ako sa panood ko sa kanila sa malayo hanggang sa umalis na si Yuri at Keifer.

*Hindi ko man lang sila naka-usap.*

Napa-igtad ako sa gulat ng makita kong nakatitig sakin si Kuya Angelo.

**"K-kuya..."**

**"Mag-usap tayo."** Sabi niya at tuloy-tuloy na naglakad.

Sumunod ako sa kaniya hanggang sa pumasok siya sa kwarto niya. Naupo siya sa swivel chair sa harap ng study table niya. Napa-upo naman ako sa kama.

**"Sinabi ko bang maupo ka?"**

*Sabi ko nga tayo lang.*

Napatayo ako ulit. Pasimple kong pinag-lalaruan ang mga kuko ko dahil sa kaba at takot. Kulang nalang lumabas ang puso ko sa dibdib at ipakitang natatakot din siya.

**"Saan ka dinala ng tarantadong yon?"** Seryosong tanong niya.

*Lutong naman.*

**"S-sa... isla..."** *KO!*

Sandali siyang tumahimik at nag-isip. Pakiramdam ko naglalaro na sa isip niya kung paano ako parurusahan. Baka iniisip niya kung ano ang mga pwedeng ginawa namin don. Baka akala niya kung ano-anong kalokohan ang ginagawa namin. Baka akala niya tumatakbo kami sa tabing dagat habang mag-kahawak ang mga kamay.

Wala naman kaming ginawang ganon! Tamang hinala pa naman si Kuya. Kaylangan kong linawin sa kaniya na wala talaga kaming ginawang masama o bagay na pagsisisihan namin.

**"What did—?"**

Agad akong lumuhod at pinagdikit ang mga palad ko bago pikit matang nagmaka-awa.

**"Wala kaming ginawa Kuya! Maniwala ka! Galit ako sa kaniya kaya hindi siya makalapit sakin ng maayos tapos naaksidente pa ang shunga nadulas sa batuhan! Tabi kami natulog pero wala siyang nagawa kasi tinadyakan ko ang reindeer niya! Maniwala ka tinulak ko ang tukso!**

**Walang siyang ginawa!"** Sunod-sunod na sabi ko na hindi na pinagsalita si Kuya.

Dinilat ko ang isang mata ko para silipin siya at ang seryosong mga tingin niya ang bumungad sakin.

**"Wow. Thanks for letting me know."** Parang tunog sarcastic na sabi niya.

Tumayo ako nakayukong humarap sa kaniya. **"W-wala talaga Kuya. Hinihingi niya kapatawaran ko kaya hindi siya pwedeng basta-basta gumawa ng kalokohan."**

**"But you literally sleep together."**

Napalunok ako. **"H-hindi ko siya pinayagan pero nagigising akong katabi ko na siya."**

**"That cunning asshole."** Bulong niya na dinig ko pa din. **"Kapag nalaman kong may ginawa siya sayo habang tulog ka, puputulan ko siya ng kinabukasan."**

*Reindeer?*

Hindi na mabubuo si Caretaker at si Watcher. Dapat ba kong manghinayang?

**"Bukas ka na pumasok. Wala na kayong afternoon class dahil sa hindi niyo pagpasok. Si Alvin na ang kakausap sa mga teacher."** Sabi at akmang tatalikod sakin.

**"Pwedeng magtanong Kuya?"** Pigil ko sa kaniya.

Tumango siya para senyasan akong magpatuloy.

**"Bakit mo inutusan si Keifer na wag ako pauwiin nung Friday?"**

Alam ko naman ang sagot pero nagbabakasali ako na sasabihin niya sakin ang totoo. Na sasabihin niyang andito na si Papa at hinahanap niya ko.

Pero mukang wala talaga silang balak sabihin sakin.

**"May bisita nung Friday. At naki-usap siyang payagan kitang tulungan siya."** Sagot niya.

Gusto kong magmura at magalit sa kaniya. Gustong manumbat at paaminin siya sa totoong dahilan. Hindi ko maintindihan kung bakit tinatago nila ang totoo sakin.

**"G-ganun ba."** Ang tanging nasabi ko.

Tinignan niya na ko na para bang sinusuri ako. **"Make sure that you never done things with Keifer. Sinasabi ko sayo! Sa kumbento ang pasok mo!"**

**"Ay hindi ako tatanggapin don!"**

Pinandilatan niya ko ng mata bago hubarin ang pambahay niyang tsinelas at akmang ipapalo sakin. Agad akong nagtatakbo palabas ng kwarto niya.

Akala ko talaga burol ko na ngayong araw. Mabuti nalang at nahahabag pa siya sakin. Pero malamang ko naghahanap lang ng tyempo si Kuya. Bigla nalang isang, aawayin ako niyan.

*Paghahandaan ko yon.*

Balak ko sanang puntahan si Tita Gema pero baka nagpapahinga pa siya. Kaya bumalik nalang ako sa kwarto at nahiga. Kusa din akong nakatulog dala ng pagod.

Nagising ako ng gabi para sa hapunan. Pero tapos na silang kumain at ako nalang ang hindi pa kumakain. Habang nasa kusina at iniinit ang ulam bigla nalang pumasok si Aries.

**"Hey..."** Bati niya sakin.

**"Yes, yes, yow."** Sagot ko naman at agad niya kong tinignan ng masama. **"H-hey..."**

**"Saan ka dinala ng kumag na yon?"** Tanong niya habang nangunguha ng baso.

**"Sa isang isla."**

**"Hindi kayo nagkita ni Percy?"**

Umiling ako. **"Hindi pa. Bakit?"**

Bahagya siyang umubo bago magsalin ng tubig at uminom. Bigla kong naalala ang mga text message niya sakin.

**"Tungkol nga pala saan ang mga message mo?"**

**"A-ano... Wag ka munang makikipag-kita sa kaniya."**

*Pati ba naman ikaw?*

Gusto kong magalit dahil pinagtutulungan na naman nila ako. Pinaglilihiman. Walang silang alam na meron na kong clue sa kung anong dahilan ng kaguluhan nila.

**"Hindi ko mapapangako."**

Hindi na siya nagsalita. Binaba nalang niya ang baso sa lababo bago tumalikod at umalis. Nakasunod lang ako ng tingin sa kaniya.

Alam kong may kinalaman kay Papa ang dahilan kaya ayaw niya kong makipag-kita kay Percy pero hindi ko pa rin makuha ang ibig sabihin ng text message niya. Para bang meron siya kinatatakutan.

Naisip kong kuhanin ang cellphone ko at basahin ang ilan sa mga text niya. Para talaga siyang nagmamaka-awa na pakinggan ko ang paliwanag niya. Feeling ko tuloy alam niya na merong sasabihin sakin si Percy.

*Tsk! Ano na naman kaya to?*

Hindi ko maiwasan na hindi kabahan at isipin ang mga messages niya. At dahil sa kakaisip ko muntik ng masunog ang iniinit kong ulam.

Akala ko magliliyab na naman ang kusina ng dahil sakin. Baka ihawin na ko ni Kuya ng buhay. Hindi nga ako nasermunan sa hindi ko pag-uwi, malilintikan naman ako sa nasunog na kusina.

Napa-antanda nalang ako ng di-oras. Tahimik akong kuma-kain mag-isa sa kusina pero habang ginagawa ko yon naisipan kong padalhan ng text message ang kapatid kong asul ang mata.

**To:** *Percing...*
**Message:** *Yow, wazzup?*

Hinintay ko na sumagot ang kumag pero wala akong nakuhang sagot galing sa kaniya. Natapos akong kumain at nahugasan ko na ang mga pinagkainan ko pero wala pa rin. Wala na sana akong balak mag-abang pero dumating ang hinihintay ko kung kailan balak ko ng bumalik sa kwarto.

**From:** *Percing...*
**Message:** *My pretty-pretty sistah, I'm outside your maderpaking house.*

Napangiwi ako sa sinabi niya pero dali-dali pa rin akong lumabas. Siniguro ko na hindi ako magiging maingay. Pati sa pagbubukas ng maliit na gate.

Hinanap ko ang kumag at buti nalang hindi siya nagparada malayo sa bahay. Para akong kawatan na tumakbo palapit sa kotse niya at pumasok sa loob. Hindi ko pwedeng kalimutan na may nagtatangka pa rin sakin.

**"Wazzup, Baby sistah."** Bungad niya sakin sabay ngiti ng malapad.

Fresh na fresh ang itsura ng gago. Hawing-hawi pa ang buhok na para bang natadtad ng gel o hair wax.

**"Ang pangit mo. Bakit ganyan ang ayos mo?"**

Gulat niya kong tinignan na para bang masamang salita ang binitiwan ko. Humawak pa siya sa dibdib at napa-'o' ang bibig.

**"Bastos!"** Sigaw niya at mahina akong sinampal.

**"Aray!"** Reklamo ko at sinampal din siya.

Mas malakas nga lang ang bawi ko kaya matindi ang pag-ngiwi niya.

**"Tado ka."**

**"Ang sakit naman! Sinisira mo ang maganda kong muka!"** Tinignan niya ang sarili sa salamin.

**"Tinatanong ka kasi. Bakit nga ganyan ang ayos mo?"** May halong inis ang boses ko.

Kinuha niya ang maliit na suklay mula sa glove compartment. Sinuklay-suklay niya ang buhok pati ang kilay.

*Mukang gago.*

**"Inaya ko kasi si Freya mag-date."** Panimula niya. **"Alam mo na, trying to get a second chance."**

Tumango ako.

**"Kaso nasa pinto palang ako ng bahay niya..."** Napailing-iling siya. **"Hindi na ko pinapasok. Sobra-sobra daw ang ka-gwapuhan ko para sa bahay nila."**

Peke akong napatawa. **"Lasing ka no? Korni ng joke mo eh."**

Peke din siyang tumawa. **"Hindi joke ang ka-gwapuhan ko."**

Sabay kaming pekeng tumawa. Nagpalakasan pa kami hanggang sa masamid siya at naging tunay ang pagtawa ko.

**"Tangina ka."**

**"Aray..."** Sabi niya at hinawakan ang leeg bago bahagyang umubo.

Sa totoo lang naaawa ako sa kaniya. Ilang beses nang pinapa-muka sa kaniya ni Freya na wala siyang pag-asa pero hindi pa rin siya sumusuko. Gusto ko na din siyang patigilin pero nang minsan sinabi ko yon sa kaniya mabilis na naging malungkot ng mga mata niya.

Ayoko siyang makita ng ganun kaya hinayaan ko nalang siya.

**"Yun lang ang dahilan kaya ganyan ang ayos mo?"** Tanong ko at nagpilit siya ng ngiti.

**"Balak ko din siyang ipakilala kay Mother."**

Natigilin ako at napatitig sa kaniya. Kung andyan ang Nanay niya ibig sabihin, nandyan na nga talaga ang Papa ko.

Kinabit ko ang seatbelt na ipinagtaka ni Percy.

**"Dalin mo ko kay Papa."** Utos ko pero hindi siya gumalaw.

**"Pwede naman. Kung handa ka sa sagupaang Jeana at Jaspher. Digmaan ng malulutong na mura at sampalan ng pera."**

Napasibangot ako. **"Ano? Anong pinagsa-sasabi mo dyan?"**

Napakamot siya sa ulo. **"Hindi ko talaga alam ang nang-yari pero hindi pa kayo pwedeng magkita hanggat hindi pumapayag ang Mama mo."**

**"Bakit? Hindi ba pwedeng kahit sandali lang? Hindi naman nila malalaman."** Inis na sabi ko na may halong pag-mamaka-awa.

**"Intindihin mo nalang. Ang Papa mo, nire-respeto ang gusto ng Mama mo. Ayaw din niya ng gulo. Kung pipilitin niya na makita ka, baka magkaroon ng maliit na digmaan."** Paliwanag niya.

Inis kong tinanggal ang seatbelt. Gusto kong maiyak dahil sa inis. Ilang beses akong nagbuntong hininga hanggang sa maramdaman ko ang braso at kamay ni Percy sa balikat ko.

**"Kaunting tiis nalang. Sooner or later you'll meet your *Daddey*."**

Mahina akong natawa sa pagkakasabi niya ng Daddey. May halo pa kasing lande.

Wala talaga akong choice kundi ang tiisin muna na hindi siya makita. Nagpapa-salamat ako dahil andyan siya at si Keifer na gumagawa ng paraan at inaalalayan akong maghintay sa araw na hinihintay ko.

**"Sa ngayon, magkasya ka muna sa pasalubong."** Sabi ni Percy at bumitaw sakin para kuhanin ang nasa backseat.

Dalawang paperbag ang inabot niya akin. Puro mamahaling chocolate at candy ang laman non. Tinignan ko isa-isa ang laman at tinikman ang iba. Pinag-usapan namin ang mga gagawin sa susunod na araw.

Sa kasamaang palad pinag-bawalan na din siya ni Kuya na lumapit sakin kaya pala ngayong gabi niya naisipang magpakita. Napag-usapan din namin kung anong itsura ni Papa. Hindi ko tuloy maiwasan na hindi masabik.

**"Dapat nga kay Freya ko bibigay yan eh."** May tampong sabi niya.

**"Buti nalang hindi mo naibigay."** Mapang-asar na sabi ko.

Lalo siyang sumibangot at bigla ko nalang naalala ang mga nalaman ko tungkol kay Freya.

Balak ko sanang tanongin si Percy pero bigla kong naisip na baka wala din siyang alam. Matagal din siyang nawala at halos kailan lang bumalik. Minabuti ko nalang itahimik ang bibig ko.

Matapos ang ilang oras naming usapan, nagpa-alam na kami sa isat-isa. Bumalik na ko sa bahay at nang akmang bubuksan ko ang gate napahinto ako ng hindi ko mabuksan. Sinubukan kong silipin ang bahay at nakaramdam ako ng takot ng wala na kong makitang bukas na ilaw.

*Hala! Nasaraduhan ako.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 335

**A/N:**
**Happy Birthday**
Nicole
Joana Marie
Amidala Bernante
Danica
Gea

**Red**

***Jay-jay's POV***

**"Ang tagal!"** Parinig ni Aries mula sa pinto ng kwarto ko.

**"Eto na, tapos na."** Inis na sagot ko.

Tumalikod na siya at nauna ng maglakad palabas. Nakasimangot akong sumunod sa kaniya.

Kung hindi lang niya ko pinagbuksan ng gate kagabi, kanina ko pa siya sinagot-sagot. Hindi ko nga lang alam kung naniwala siya sa dinahilan kong bumili ako sa labas ng walang nakaka-alam kaya ako nasaraduhan.

Sinermunan lang niya ko na hindi safe ang ginawa ko. Wag ko din daw kalimutan na may nagtatangka pa rin sa buhay ko. Umo-o nalang ako para hindi na humaba pa.

Nasalubong ko si Tita na may dalang tasa ng kape nang makarating ako sa sala. Ngumiti siya sakin bago ibaba ang tasa at sinalubong ako ng yakap. Agad ko namang tinanggap yon.

**"Mag-ingat ka ha? Ite-text mo lagi ang Kuya Angelo at si Aries kapag may pupuntahan ka."** Bilin niya at ngumiti ako.

**"Opo."**

Bumitaw siya ng yakap at inayos ang buhok ko. **"Baka pwede mo din akong ihingi ng tawad kay Keifer. Nadala lang ako ng galit at pag-aalala."**

**"Sige po. Alam ko naman pong maiintindihan niya yon."** Sagot ko at ngumiti siya.

Nag-paalam na ko sa kaniya dahil alam kong salubong na ang kilay ng kapatid ko habang naghihintay sakin.

Nakahinga ako ng maluwag sa sinabi ni Tita. Buong akala ko talaga masama na ang loob niya kay Keifer at iba din ang iniisip niya na ginawa sakin ng mokong sa isla.

*Wala siyang ginawa. Wala.*

Pagsakay ko sa kotse ng kapatid ko. Muntik na kong mapatalon ng makita ko ang kunot niyang noo.

**"Sa likod ka. Susunduin natin si Ella."** Utos niya.

**"Bakit? Wala ba siyang paa para maglakad papasok?"** Inis na tanong ko.

Nanlisik ang mata niya sa galit kaya dali-dali akong lumabas ng kotse at lumipat sa likod. Sunod-sunod ang pag-irap ko sa kaniya dahil sa inis. Kung may kakayahan lang sana akong magsumpa, isusumpa ko sila ni Ella.

*Magsara sana butas ng pwet nila.*

Tahimik ako buong byahe hanggang sa marating namin ang bahay ng jowa niyang hilaw. Napangiwi nalang ako ng humalimuyak ang amoy ng pabango niya. Pag-upo niya agad siyang humalik sa pisngi ni Aries.

*Eww.*

**"Good morning Jay."** Pilit na bati niya sakin.

**"Good morning."** Walang buhay kong sagot.

**"Bakit wala ang buong section niyo kahapon?"** Tanong niya sakin at kulang nalang tumaas ang kilay ko.

**"Nag-outing kami."** *binigyan ako ni Keifer ng isla. Ha. Ha. Mainggit ka.*

**"Monday na Monday tsaka niyo naisipang mag-outing."**

Dinig ko ang bahagyang pag-ubo ni Aries. Nagsalubong ang tingin namin sa rearview mirror at para bang binabalaan niya ko na wag magsimula ng away.

Napairap ako. **"Weekend talaga. Hindi lang kami nakabalik agad."**

**"I see."** Sagot niya at wala ng nagsalita pa samin.

Sunod-sunod ang pagmumura ko sa isip ko. Naaalibadbaran talaga ako sa babae na to. At ano bang care niya kung hindi kami pumasok kahapon.

*Baka may inaabangan.*

Kingina! Parang nagdidilim ang paningin ko. Parang gusto ko manampal. Sinong ka-abang-abang sa mga tukmol na Ulupong na yon?

Isa lang naman ang naiisip kong inaabangan ng babaeng to! *Hari ng mga Ulupong.*

Huminto ang kotse ni Aries sa parking ng school. Halos sabay-sabay kaming bumaba. Agad kong napansin ang paglingon ni Ella sa magarang kotse sa tabi ng kotse ni Aries.

Alam kong alam niya kung sino ang may-ari non. Matalim ko siyang tinignan. At nang makita niya ang ginagawa ko inirapan naman niya ko bago humabol kay Aries at humawak sa braso nito.

Hindi ko maiwasang hindi mairita sa inaasta niya. Si Aries ang sinasabi niyang mahal niya at sinabi din niyang hindi niya minahal si Keifer dahil si Yuri ang gusto niya noon.

*Eh bakit ganito ang arte?*

Wag niyang sabihin may pagsisisi siya. Napairap ako sa mga naiisip ko. Tinignan ko ng masamang ang magarang kotse ng sira-ulong, tukmol na Hari ng mga Ulupong.

**"Kasalanan mong lahat to eh!"** Inis na sabi ko at sinipa ang likod ng kotse.

Balak ko pa sanang sipain ulit pero biglang bumukas ang pinto ng kotse at nakita ko ang akmang paglabas niya.

*Yung may-ari, takbo! TAKBO!*

Daig ko pa snatcher sa bilis kong tumakbo. Tagaktak tuloy ang pawis ko pagdating sa room. Hawak ko ang balakang ko habang naghahabol ng hangin.

**"Nangyari sayo?"** Tanong ni Edrix na kadarating lang din.

**"T-tumakbo ako. A-akala ko late na."** Pagdadahilan ako at napailing naman siya habang tumatawa.

Pumasok na ko sa room at agad kong napansin si Yuri na nakadukdok sa lamesa niya. Mukang tulog siya. Ngayon ko lang siya nakitang natulog sa classroom. Binaba ko ang gamit ko sa table ko bago siya lapitan.

Sinilip-silip ko muna ang muka niya bago siya kalabitin. Sandali siyang umungol habang ina-angat ang muka. Nalaglag ang salamin niya na mabilis ko namang pinulot.

**"Puyat na puyat."** Komento bago iabot ang salamin niya.

Ngumiti siya sakin. **"Oo eh. Dami kong ginawa kagabi."**

**"Gumawa ng bata."** Sabi ng kung sino kaya napalingon ako.

Walang ganang naupo ang Hari ng mga Ulupong sa pwesto niya. Nagtaas pa siya ng kilay samin kaya napairap ako sa kaniya.

*Sana pala muka nalang niya sinipa ko.*

Hinarap ko siya Yuri na kasalukuyang pinupunasan ang salamin habang nakayuko. Napatingin ako sa buhok niya.

Ngayon ko lang napansin, hindi itim ang tumutubong buhok sa anit niya. At dun nalang naging malinaw sakin. Hindi itim ang orihinal na buhok niya. Hindi ko masabi ang tunay na kulay dahil sa kalikutan niya.

Alam kong kinukulayan lang niya ang buhok ng pula. Pero imposible namang pati ang ugat ng buhok niya ay mapalitan din ng kulay.

**"Yuri, ang buhok mo."** Sabi ko at akmang hahawakan pero mabilis siyang umiwas.

**"H-ha? Bakit?"** Dipensa niya at hinawakan ang buhok.

**"May dumi."** Singit ni Keifer kaya napatingin ako sa kaniya.

Bahagya siyang umiling na para bang sinasabi niyang wag ko na ituloy ang sasabihin ko. Hindi ko maintindihan kung bakit pero sinunod ko pa rin.

**"O-oo. May dumi."** Sabi ko at nagpilit ng ngiti.

Tinalikuran ko na siya at bumalik na sa pwesto ko. Kunot ang noo ko habang iniisip ang nangyari.

*Anong meron sa buhok ni Yuri?*

Minabuti kong hayaan nalang ang nangyari. Saktong dating si Sir Alvin at syempre nasermunan kami sa ginawa naming hindi pagpasok kahapon.

**"Okay lang sana kung hindi papalapit ang finals niyo. Wala kayong magiging problema sa absences niyo. Pero delikado na ngayon dahil monitored na lahat ng faculties."** Paliwanag niya at halos lahat kami nakayuko.

**"Pasensya na Sir. Aayusin na po namin."** Sabi ni David.

Napabuntong hininga nalang si Sir bago simulan ang klase. Nagpalitan kami ni Ci-N ng tingin pero halatang nang-aasar lang siya.

Para bang sinasabi niya na kasalanan ko kung bakit kami hindi nakapasok kahapon. Napa-irap nalang ako sa kaniya at pinag-patuloy ang pakikinig kay Sir.

*Wow. Nakikinig.*

Buong umaga naubos ang oras namin sa pag-aaral—*kuno*. Kinailangan naming humabol sa mga lesson kaya naman halos ibaba nalang ng mga teacher ang lesson at kaniya-kaniyang aral nalang. Dito masusukat ang tunay na nag-aaral.

Pagdating ng tanghalian halos wala ng tumayo samin dahil sa pagod. Mukang hindi lang ako ang naubusan ng likido sa utak dahil sa biglaang pagtambak ng mga lesson.

**"Lunch! Jay-jay, lunch!"** Nagmamaka-awang sabi ni Ci.

Gusto ko siyang sipain. Siya lang ang may enerhiya saming dalawa. Tapos ako ang gusto niyang bumili ng pagkain niya.

**"Lunch will be here in a moment."** Sabi ng Hari ng mga Ulupong.

*Sarap sa ears.*

Nang na marinig ang salitang lunch, hindi ng boses niya. Paki ko naman sa boses niya at sa english niyang uma-accent.

Pa-totoo naman sa sinabi niya, dumating nga ang pagkain namin ilan sandali lang ang nakalipas. Buffet!

Nagkagulo agad ang mga Ulupong. Parang may pa-birthday sa dami ng handa. Hindi naman ako nagpatalo at sumingit na para makakuha ng pagkain.

Pabalik na sana ako sa pwesto ko ng makita ko si Yuri na lumabas dala ang bag niya. Susundan ko sana siya pero nauna nang gawin yon ni Keifer. Pinagmasdan ko sila sandali bago ko napansin na may kumukuha ng Shanghai sa plato ko.

**"Hoy!"** Sita ko kay Ci-N pero subo na niya ang kinuha.

**"Isa lang."** Sabi niya at ngumiti pero nang tignan ko ang plato ko nakuha na niya lahat.

Tinignan ko siya ng masama. Pinili ko nalang kumain habang hinihintay ang pagbabalik ni Yuri. Pero nakabalik na si Keifer at lahat-lahat wala pa rin ang Presidente ng Shunga Lovers Club. Hanggang magsimula ang afternoon class at matapos walang pulang buhok ang lumitaw.

**"Jay-jay. Gala tayo!"** Aya ng Batang Kumag.

**"Hindi pwede. Makakagalitan ako ni Kuya. Diretso uwi ako ngayon."** Sabi ko habang inaayos ang gamit ko.

**"Hindi ka rin pwedeng mag-gala. Baka nakakalimutan mong may nagbabanta sa buhay natin."** Pa-alala ni David kay Ci.

**"Ay, oo nga. Salamat sa pa-alala Lolo."** Nakangiting sagot niya.

Bahagya akong natawa ng umirap si David sa kaniya. Halos sabay-sabay kaming lumabas pero pinili kong magpa-huli para maka-usap ang Hari ng mga Ulupong.

**"Sweet. Are you waiting for me?"** Bungad niya sakin ng mapansing hinihintay ko siya.

**"Oo, itatanong ko sana si Yuri."**

Agad na nag-iba ang timpla ng muka niya pero mabilis yong napalitan ng mapang-asar na ngiti.

**"You're making me jealous."**

Plastic ko siyang nginitian. **"Hiyang-hiya ako sayo."**

**"What?"** Taka niyang tanong.

Umiling ako. Wala nga pala siyang alam sa iniisp ko tungkol kay Ella at Freya. Mas mabuti ding wag na niya malaman dahil baka tumaas ang kumpyansa niya sa sarili.

*Aasarin na naman niya ko.*

**"Gusto ko lang malaman kung saan siya nagpunta? Hindi niya gawaing mag-cut ng class."**

**"Nag-cut din ako ng class pero hindi ka nag-alala."** Sabi niya at halos manlaki ang butas ng ilong ko sa inis.

**"Seryosong bagay to."**

**"I am serious. Don't meddle yourself in Yuri's businesses....please. Baka hindi ko kayanin kapag nalaman mo ang mga ginagawa niya."** Sabi niya at hinawakan ang kamay ko.

**"Hindi naman pwede yon. Kaibigan ko si Yuri. Lagi siyang andyan para sakin kaya hindi pwedeng talikuran ko siya."** Sabi ko at binawi ang kamay ko.

**"You don't get it Jay."** May halong pagbabanta na sa boses niya. **"Yuri is the most mysterious guy that I know. What you see right now is only half of what I know. Yet, I still don't know the real him."** Paliwanag niya.

Hindi ko maiwasan na hindi makaramdam ng inis. Bakit pakiramdam ko sinisiraan niya si Yuri sakin? Gusto niyang iwasan ko ang taong hindi nagsawang punasan ang luha ko nung mga panahong wala siya.

**"Ang labo mo. Kaibigan mo din yon!"**

**"He is. He is my bestfriend to be exact but he will ask for my help if he needs it."** Huminga siya ng malalim. **"Wag mo pilitin please."**

Kusa nalang pumatak ang isang luha ko. Naiinis ako dahil pakiramdam ko wala siyang balak gawin para matulungan ang kaibigan. Kailangan ni Yuri ng tulong. Yun ang nakikita ko dahil ilang beses na siyang sumusuko sa mismong harap ko.

**"Sige, para matahimik ka. Kakausapin ko siya."** Sabi niya at hinawakan ang magkabila kong kamay. **"Nag-alala din ako pero lalaki si**

**Yuri at hindi rin siya Baby."**

Tumango ako. **"S-sige. Salamat."**

Nagpilit siya ng ngiti. Akmang yayakapin niya ko pero agad akong lumayo.

**"Hindi pa tayo ganon ka-ano..."** Halos pabulong kong sabi.

**"Ka-ano?"** Tanong niya.

**"Ka-ayos."**

Tumango-tango siya. **"I see."** Ngumiti siya ng matamis. **"I'll work hard for you forgiveness."**

Parang ang hirap maniwala na ang Keifer na madalas kong kasigawan at kaaway noon ay eto sa harapan ko at nagsasabing pagt-trabahuhan ang kapatawaran ko.

*WALANG NGINGITI! WALA!*

Halos sabay kaming naglakad papunta ng parking. Kitang-kita ko si Aries at Ella na naghihintay sakin sa tabi ng kotse.

Lumapit ako sa kanila pero bago pa man makalagpas ang Hari ng mga Ulupong sa pwesto namin bigla nalang siyang nanghalik sa noo at tuloy-tuloy na naglakad palapit sa kotse niya.

**"S-sira ulo ka!"** Sigaw ko pero naka-alis na kagad ang kotse niya.

Napatingin ako kay Aries na para bang napaka-sama kong babae. Samantalang seryoso namang nakatingin sakin si Ella.

Tahimik kaming sumakay sa kotse. Maging sa byahe tahimik din kami. Sandaling huminto ang sasakyan dahil sa traffic light. Napatingin ako sa kabilang daan kung saan galing ang mga tumatawid na sasakyan sa harap ko.

Traffic light naman nila ang nagkulay pula. Pagkakataon naman namin ang tumawid pero sa hindi ko maintidihan na dahilan isang kotse ang sumagi sa harap ng kotse ni Aries.

Napasigaw si Ella at parang bola na tumalbog ako sa kinauupuan ko. Tumagilid ang sasakyan ni Aries at humarang sa gitna ng daan dahil may kalakasan ang impact. Napahawak ako sa ulo ko dahil sa biglaang pagkirot. Nagkagulo ang mga tao at mabilis na bumusina ang ibang sasakyan.

**"Is everyone okay?"** Nag-aalalang tanong ni Aries.

**"I'm okay."** Sabi ni Ella.

Bago pa man ako makasagot, nakarinig ako ng malakas na pagkatok sa pinto ng kotse ni Aries. Nang iangat ko ang tingin ko ang nag-aalalang si Keifer ang nakita ko. Sinesenyas niya ang lock ng pinto.

Agad namang inunlock ni Aries ang pinto at dali-daling niyang binuksan ang pinto sa tabi ko.

**"Are you okay?"** Bungad niya sakin.

Hawak ko pa rin ang ulo ko. **"M-masakit."**

Agad niya kong binuhat palabas ng kotse. Bigla nalang akong nasilaw at nakaramdam ng hilo.

**"Saan mo dadalhin si Jay-jay?"** Sigaw ni Aries pero hindi siya pinansin ni Keifer.

**"David! Help him get the car out of the way!"** Sabi niya pero hindi ko makita ang kausap niya.

*Si David andito din?*

**"I'm not your slave!"** Reklamo ni David pero naramdaman ko ang pag-alis niya sa harap namin.

Ibinaba ako ni Keifer. Nang pilitin kong dumilat nasa loob na ko ng kotse pero bukas ang pinto.

**"Here. Drink this."** Sabi niya at tinanggap ko ang bote ng tubig.

Uminom ako ng kaunting tubig pero agad ding binalik sa kaniya. Sinandal ko ang ulo ko sa backrest. Ramdam ko ang pagtitig niya sakin.

**"Hindi naman tumama ang ulo ko pero bigla nalang sumakit."** Paliwanag ko.

**"Sshh... Magpahinga ka lang."** Utos niya at ginawa ko naman.

Ilang minuto akong nakapikit hanggang sa masabi ko ng okay na ko. Tatayo na sana ako pero bigla nalang lumapit sakin si Aries.

**"Hey... Okay ka lang? Ano masakit sayo?"** Sunod-sunod na tanong habang tinitignan ako.

**"Okay lang—."** Bigla nalang niya kong niyakap.

**"Aayusin ko na ang pag-d-drive. Just please be okay."** Ramdam ko ang pagsisisi sa boses niya.

*Bait naman, tapos mamaya aawayin ako.*

Niyakap ko din siya. **"Okay lang talaga ako."**

Humiwalay siya ng yakap sakin at pinagmasdan ako ulit. Nagpilit siya ng ngiti bago ako alalayang makatayo.

Kausap ni David at Keifer ang mga pulis. Napatingin ako sa kalsada at sa mga kotseng nakaparada. Ganun nalang ang gulat ko ng makita kong may tama ang kotse ni David at ganun din ang kotse ni Keifer.

**"Anong nangyari?"** Tanong ko at napatingin ako kila Felix, Rory, Edrix at Drew na papalapit samin.

**"Kumusta Jay? Ayos ka lang?"** Tanong ni Felix at tumango naman ako.

**"Tsk! Sinadya to."** Sabi ni Edrix pero agad siyang pinatahimik ni Rory dahil sa paglingon ng pulis.

Bahagya akong lumapit sa kanila. **"Paanong sinadya?"**

**"Tatlong sunod-sunod na aksidente sa parehong daan tapos may sumusunod daw kay David at Keifer bago sila na-aksidente. At isa pa, hindi nila balak puruhan parang nana-nakot lang."** Paliwanag niya.

**"Nasan ang nakasagasa? Di ba wala?"** Dagdag pa ni Rory tsaka ko tinignan ang paligid.

Wala nga ang sasakyang bumangga sa kotse ni Aries. Bukod don, malinaw sa ala-ala ko na kulay berde na ang traffic light sa daang tinatahak namin. Ibig sabihin, pula na ang traffic light sa kabila.

**"Tingin niyo ba, gawa to ng grupo ni Ram?"** Tanong ko habang binabalot ng pag-aalala.

Tumango si Edrix. **"Siya lang naman ang mainit ang mata satin ngayon. Bukod don, nagtext din sila Ci-N at ang iba na meron daw sumusunod sa kanila."**

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Lantaran na ang ginagawa nilang pagbabanta samin. Ang masakit pa dinamay nila si Aries at Ella na wala namang kinalaman sa gulong to.

Kasalukuyang kinakausap ni Aries ang mga Pulis ng dumating si Kuya Angelo. Inalam niya ang mga nangyari at hindi niya naitago ang dismaya habang nakatingin sakin.

Alam ko, hindi niya kailangang sabihin na sinisisi rin niya ko sa nangyari. Ako din naman. Sarili ko din ang sinisisi ko kung bakit kailangang madamay ng iba.

*Kasalanan ko to.*

**"Sumagot na halos lahat. Ligtas naman daw sila at wala ng sumusunod."** Sabi ni Felix habang hawak ang cellphone. **"Si Yuri hindi nag-re-reply."**

Mas lalo akong kinabahan dahil sa narinig ko. Ngayon pa kung kailan may problema si Yuri at mag-isa lang. Baka kung ano nang nangyari sa kaniya.

Agad kong nilapitan si Keifer na kakatapos lang makipag-usap sa Pulis.

**"Puntahan natin si Yuri, please."** Paki-usap ko.

Bakas ang pagtataka sa kaniya pero tumango pa rin siya. Kinausap ni si David sandali at tumango naman to sa kaniya. Hinawakan niya ko sa kamay bago pinasakay sa kotse niya.

Narinig ko pa ang pagtawag sakin ni Kuya Angelo pero hindi ko siya pinakinggan. Agad na umandar ang kotse paalis.

Panay ang pagkagat ko sa labi ko at pagkutkot sa kuko dahil sa takot at kabang nararamdaman. Mag-isa lang si Yuri ngayon, paano kung maisapan nilang puntiryahin siya. Hindi ko nga alam kung safe pa rin ba sa building nila.

Pagdating sa underground parking ng building nila hindi ko na hinintay si Keifer. Agad akong bumaba at dumiretso sa elevator. Pinindot ko ang top floor button. Ayaw pang umandar nung una kaya hinanap ko ang camera sa loob. Kumaway ako at pinakita ang uniform ko.

Alam kong may identification something pa sila pero minsan ng sinabi ni Yuri na nasa list na ko kaya walang problema ang pagbalik-balik ko.

Umandar ang elevator pataas. Ilang minuto ang hinintay ko bago makarating sa bahay nila Yuri.

Walang sumalubong sakin at parang walang tao sa loob dahil sa dilim at tahimik. Agad akong naglakad papasok at inisip na mabuti kung saan ang kwarto niya. Papaliko na ko sa isang hallway ng masalubong ko ang hindi ko inaasahang tao.

*Freya...*

Agad akong napatingin sa uniform niyang wala sa ayos. Bukod don, wala din siyang pangloob.

**"A-anong ginagawa mo dito?"** Takang tanong ko.

**"I...ahm...help a friend?"** Sagot niya at ngumiti ng malapad bago ako lagpasan.

Hindi ko alam kung dapat ko pa rin ba siyang habulin pero nanaig sakin na puntahan si Yuri. Kaya kahit gulong-gulo ako nagpatuloy ako sa paglalakad. Nakarating ako sa kwarto niya at ganun nalang ang pagsalubong ng kilay ko ng makita ko ang nagkalat na damit sa sahig.

Nagkalat din ang isang bra sa sahig na nagpakunot ng noo ko. Bigla kong naalala si Freya ng masalubong ko siya. Hindi ako ipinanganak kahapon para hindi maintindihan kung anong naganap dito.

Ibig sabihin ba nito nag-aalala lang pala ako sa wala. Habang iniisip ko kung may nangyari na bang masama sa kaniya, eto siya at abala sa kandungan ni Freya.

Napatingin din ako sa nagkalat na kahon at bote sa sahig. Meron din akong nakitang paketeng may kasat na kulay pula.

Bumukas ang pinto ng banyo sa kwarto ni Yuri at lumabas ang dahilan ng pagpunta ko dito.  Halatang natigilan siya ng makita ako.

**"J-jay."** Tawag niya sakin habang pinupunasan ang bagong kulay niyang buhok. **"H-hindi ko alam na pupunta ka."**

Peke akong tumawa. **"Sobra ang pag-aalala ko sayo Yuri, pero mukang nag-aalala ako sa wala."**

**"May nangyari ba?"**

**"Meron. At meron din dito sa kwarto mo."**

Napatingin siya sa mga kalat sa sahig ng kwarto niya. Alam niyang nakita ko na din ang pangloob na naiwan ni Freya. Napabuntong hininga siya.

**"I can explain."**

**"Sige. Explain. Explain mo na rin kung bakit parang hindi ka nagsasabi ng totoo sakin."** Mahinahon kong utos.

Mabilis siyang nagbaba ng tingin.

*Anong pang hindi ko alam tungkol sayo?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 336

**A/N:** Eto ang kasama ng UD ko last Friday.

Enjoy! Yay!

**Happy Birthday**

Renaline Torreon

**Shopping**

***Jay-jay's POV***

Wala akong nakuhang sagot galing kay Yuri. Ang ending umalis akong bigo at masama ang loob. Hanggang pag-uwi ko sa bahay balot ako ng inis kaya kahit natuktukan ako ni Kuya—na sa sobrang sakit napaiyak ako—inis na inis pa rin ako.

Ang mas masakit pa, pa-ulit-ulit na bumabalik sa isip ko lahat ng nalaman ko kay Freya. Lumalabas na si Yuri ang lalaking kinahuhumalingan niya. Yung lalaking muntik ng makabuntis sa kaniya.

*At alam yon ni Aries.*

**"Jay-jay! Gising na, mag-almusal na!"** Sigaw ni Aries mula sa labas ng kwarto ko.

Kanina pa ko gising at nakapag-hilamos. Binuksan ko ang pinto at takang napatingin sakin ang kapatid kong horoscope.

**"Ang laki ng eyebags mo."** Puna niya sa mga mata ko.

**"Wag mo pansinin yan. Meron akong itatanong sayo."**

**"What?"**

**"Tungkol kay Freya."** Panimula ko at naghintay naman siya. **"Si Yuri ba yung lalaking kinababaliwan niya?"**

Sandali siyang tumigil at tinitigan ako. **"May sinabi ba siya?"**

Umiling ako. **"Hinala ko lang."**

Nagbuntong hininga siya. **"Mag-almusal ka na. Si Kuya maghahatid satin ngayon."**

*Whut?*

Balak ko pa sana siyang kulitin sa sagot pero naka-alis na siya sa harapan ko. Wala akong nagawa kundi ang sumunod sa kaniya dahil hindi ako pwedeng mahuli o magreklamo na laging nagmamadali ang service ko.

Si Kuya Angelo ang service namin ngayon. Hindi maganda kung ipapakita ko sa kaniyang nag-re-reklamo ako sa pagpasok ng maaga.

*Para na rin akong nagreklamo sa pader.*

Pagdating sa hapag, nag-uusap-usap sila Tita Gema, Tito Julz at Kuya Angelo. Pero nang makita nila ko bigla silang tumahimik at umarteng iba ang pinagkaka-abalahan. Kahit hindi nila sabihin, alam kong ako ang topic nila.

**"Kain na. Baka mahuli kayo ni Aries."** Nakangiting aya sakin ni Tita Gema.

Tumango naman ako at sinimulang kumain ng almusal. Nagpatuloy sila sa pag-uusap pero tungkol na sa kung saan ang topic nila. Hanggang sa matapos akong kumain at mag-paalam naging maingat sila sa mga sasabihin nila.

Nangangati tuloy akong alamin ang pinag-uusapan nila tungkol sakin. Baka mamaya, gusto na pala nila kong pamanahan ng yaman wala pa kong ka-alam-alam.

*Hindi na po kailangan, may isla na po ako.*

Nag-madali ako sa pagligo at pag-aayos dahil ayokong ma-abala si Kuya Angelo pero pwede ring ayoko siyang magalit dahil sa kabagalan ko.

Kung nakaka-inis si Aries kapag minamadali ako, nakakatakot naman si Kuya. Kaya natapos ako ng mas mabilis kesa sa normal na tagal ko sa pag-aayos.

Paglabas ko ng kwarto, napansin kong nag-sasapatos palang ang kapatid kong magaling magbasa ng kapalaran.

*Panis! Mas maaga ako sa kaniya.*

Inabangan ko talaga siya sa pinto ng kwarto niya para ipamuka sa kaniya na mas mabilis ako sa kaniya sa pagkakataon na to. Hindi rin naman nagtagal ang paghihintay ko.

**"Bakit?"** Bungad niya sakin.

Malapad ang ngiti ko habang nakatingin sa kaniya. Ngayon ko lang masasabi to sa tinagal-tagal ng pagsakay ko sa kotse niya.

**"Ang bagal mo. Bilis."** Sabi ko at tumawa ng malakas.

Napailing nalang siya. **"Mukang kulang ang almusal mo."** Sabi niya at naglakad na.

Sumunod naman ako sa kaniya na abot hanggang tenga pa rin ang ngiti. Kulang nalang irecord ko ang araw na to para maisampal ko sa kaniya na minsan akong naunang mag-ayos sa kaniya at siya naman ang naging mabagal.

**"Ready na kayo?"** Tanong samin ni Kuya Angelo habang inaayos ang necktie.

Taka siyang napatingin sakin dahil sa itsura ko. Binaliwala nalang niya at tumalikod na. Magkakasunod kaming lumabas at sumakay sa kotse. Si Aries ang nasa tabi ng driver ako naman ang nasa likod at todo ngiti pa rin.

**"We still need to pick up Ella."** Sabi ng kapatid kong Horoscope at mabilis na nawala ang ngiit ko.

*Ano ba yan? Bakit sinusundo pa?*

**"Hindi ba tayo mala-late kung susunduin pa siya?"** Tanong ko at bahagyang lumingon sakin si Aries.

**"Hindi. We'll be fine."** Sagot niya.

*Hindi naman ikaw driver, paano mo nasabi?*

Napairap nalang ako bago tumingin sa bintana. Wala naman talaga akong sama ng loob sa babaeng yon nung una, kayalang ang lintik napakaraming ng ginawa na naka-apekto sakin.  Kasama don ang pagdadamot ng pagkain nung nasa ospital kami ng kapatid ko.

*Saksak niya sa baga niya pagkain niya.*

Idagdag pang hindi malinaw sakin ang mga agenda niya. Masyado siyang misteryosa at nakakatakot ang mga iniisip niya. Karamihan sa babae madaling malaman ang personality pero ang sa kaniya parang ang hirap.

Hindi talaga bet ang paglapit-lapit niya sa section namin. Lalo na kay Yuri at Keifer. Paano kung may tama pa siya kay Yuri? Kawawa ang kapatid ko, kahit magaling huhula yan hindi pa rin niya makakaya ang sakit. Kung hindi naman kay Yuri baka kay Keifer.

*Ay malamang maghalo ang balat sa tinalupan.*

Parang literal na nagdilim ang paningin ko ng makita ko ang bahay nila Ella. Napatingin ako sa tabi ko ng bumukas ang pinto, napilitan akong umusog para lang makasakay siya.

Nagsalubong ang tingin namin ni Kuya mula sa rearview mirror. Pinili ko nalang umiwas. Naging tahimik lang ako sa buong byahe at halos sila-sila lang ang nag-usap. Hanggang sa makarating kami sa school at makababa ng kotse wala akong naging kibo.

Pagpasok namin sa gate napahinto kagad ako ng makita si Yuri. Umayos siya ng tayo ng makita ako.

Ayokong siyang iwasan ng dahil lang sa galit ako. Ang gusto ko lang ang mag-sabi siya ng totoo. Dahan-dahan akong lumapit sa kaniya at ngumiti ng pilit.

**"Good morning."** Bati niya. **"Can we talk...about...yesterday?"**

Tumango ako. **"Basta magsasabi ka na ng totoo."**

Sandali siyang yumuko bago ngumiti at magsimulang maglakad. Mabagal lang ang bawat hakbang namin para hindi agad makarating sa room. Umaasa ako na sasabihin na talaga niya sakin ang totoo, kung ano ba talagang nangyayari sa buhay niya.

**"Sorry kung may mga bagay akong hindi pa masabi. Pero totoo ang mga sinabi ko nung nasa rooftop tayo."** Panimula niya.

**"Alam kong totoo yon. Pero ano pang nangyayari sayo na hindi ko alam?"** *Bakit kasama mo si Freya?*

Napabuntong hininga siya. **"A lot of things Jay, a lot."** Umiwas siya sa pagtingin sa ibang direksyon. **"And I needed an escaped which what Freya is helping me with."**

Kusang nasagot ang tanong ko na hindi ko mabitawan mula pa kanina. Hindi ko na itatanong pa kung ano-ano ang ginawa nila bukod sa nagkulayan ng buhok. Nakakaramdam ako ng pagkirot sa dibdib dahil sa iniisip ko, paano pa kapag nalaman ko na ang lahat ng ginawa nila sa kwarto niya?

*Tambling.*

**"B-bakit?"** *Bakit si Freya?*

Naiinis ako dahil hindi ko magawang ibigay ang mga tanong na nasa isip ko. Komportable naman akong magtanong sa kaniya dati pero ngayon parang kinakain ako ng takot.

**"I need a little break for all the shits that happening to me or it will be my end."** Sagot niya ng hindi tumitingin sakin.

Naiintindihan ko naman ang parte na yon. Sa mga problema niya kailangan talaga niya ng pahinga. Sino bang hindi pagod humarap sa problema? Kahit naman ako kakailanganin ding huminga muna. Pero bakit nga si Freya?

*Hindi ba kita matutulungan*?

Napayuko ako. **"Naiintindihan ko. Pero wag kang mahihiyang lumapit samin. Kaibigan mo din kami."**

Sandali siyang tumahimik kaya napa-angat ang tingin ko sa kaniya. Nakatulala lang siya sa lalakaran namin kaya bahagya ko siyang siniko. Napakurap-kurap pa siya ng bumalik siya sa kasalukuyan.

**"I-i will... Of course. You guys are my friends."** Sagot niya at tumango-tango.

Pero bumalik na naman siya sa pagtitig sa lalakaran namin. Masyadong malalim ang iniisip niya hindi ko maiwasang hindi kabahan. Gusto ko pa sanang magtanong pero pinili ko nalang na tumahimik. Hanggang sa makarating kami sa room at makaupo sa mga pwesto namin naging tahimik ako.

Napatingin ako kay Ci ng kumaway-kaway siya sa harap ko.

**"Tulala..."** Sabi niya sunod higop sa shake na iniinom.

Mabilis na kumislap ang mga mata ko sa iniinom niya.

**"Pengeee!"** Sabi ko at akmang aabutin ang hawak pero agad siyang umiwas.

**"Bili ka nalang."**

**"Kaunti lang."**

Agad na umiling ang Batang Kumag at lumayo. Napakadamot! Akmang tatayo ako para habulin at kulitin si Ci pero may nagbaba na ng baso na puno ng shake sa harap ko.

Nang iangat ko ang tingin ko, bumungad sakin si David na meron ding hawak at iniinom.

**"Alam kong gusto mo din."** Sabi niya at naupo na sa pwesto niya.

Napangiti naman ako bago tanggapin ang binigay niya. **"Thank you."**

**"Sobrang lutang mo yata, hindi mo kami narinig kanina."**

Taka ko siyang tinignan habang humihigop ng shake. Naguluhan ako sa sinabi niya. Hindi ko maalalang may kumausap sakin kanina bukod kay Yuri.

**"Nasalubong ka namin ni Ci bago ka pumasok. Tinanong ka niya kung gusto mo ng shake pero tuloy-tuloy ka lang."** Paliwanag niya.

Inisip kong mabuti ang sinabi niya at tsaka ko lang naalala na nakita ko nga sila kanina bago ako pumasok sa room kasabay ni Yuri. Lutang nga talaga ako.

Napakamot ako ng ulo. **"Malalim kasi ang iniisip ko."**

**"Tungkol saan?"**

Mabilis akong umiling. **"Hindi naman mahalaga."**

**"Kung hindi mahalaga bakit iniisip pa?"** Tanong niya sabay taas ng isang kilay.

*Umaandar na naman ang instinct niya.*

Minsan nakakainis magsabi kay David. Ang hirap kasing magsinungaling sa kaniya. Sobrang sosyal ng instinct ang lakas ng pakiramdam.

**"H-hindi naman sa ganon. Ano lang kasi."**

**"You can try me. Maybe I can help."** Sabi niya at ngumiti.

May punto siya. Mas madali siyang kausap kesa sa mga kapwa niya Ulupong. Wala naman sigurong masama kung mag-sasabi ako sa kaniya. Baka nga matulungan talaga niya ko.

Bahagya akong lumapit sa kaniya at ganun din ang ginawa niya.

**"S-si Yuri kasi... Pakiramdam ko kasi lumalayo na siya satin."** Bulong ko at tumango-tango naman siya. **"Para bang hirap siyang lumapit satin."**

Sandali siyang humigop sa baso ng shake na hawak niya. Bago inayos ang bangkong inuupuan para mas makalapit pa sakin.

*Mukang mahabang tsismisan to.*

**"Now that you mentioned it. I don't remember Yuri reaching out to us. I don't know with Keifer but you know him, If someone is in trouble and needs help he will call us."** Sabi niya na para bang inisip talaga niyang mabuti.

Pati ako napa-isip. Silang lahat ang mas matagal na magkakasama. Kaya siya ang mas nakakapansin ng ganoong bagay. Dahil kung sakin lang, madalas na kina-kaya ni Yuri ang problema kaya malamang na yun ang dahilan kung bakit hindi siya nagsasabi sa kanila.

**"Baka ayaw lang niya maka-istorbo sa inyo."** Dipensa ko.

**"Maybe. Or he don't really considered us his friends."** Sagot niya at umayos na ng upo.

Naiwan akong nakatulala dahil sa sinabi niya. Siya ang may pinaka-malawak mag-isip saming lahat. Kaya kung nagsalita siya ng ganito, ibig sabihin lang nito matagal na niyang na-o-obserbahan ang bagay na yon.

Pero paano nga kung totoo? Parang ang hirap tanggapin na hindi niya kinikilalang kaibigan ang mga taong kasama namin sa saya, gulo at sakit. Para saan ang lahat ng mga oras na kasama namin siya?

*Imposible.*

Hindi lang siguro napapansin ni David. Pero alam kong kaibigan din ang turing ni Yuri sa mga kaklase namin. Sa tagal ba naman nilang magkakasama, hindi pa ba niya matututunang pahalagahan ang mga to?

Pinilit kong alisin sa isip ko ang mga sinabi niya. Mabilis kong hinigop ang shake kaya biglaang ang pagsakit ng ulo ko. Literal yatang na brain freeze ang kakarampot kong utak.

*Maliit na nga nag-yelo pa.*

Mabuti nalang at naubos ko ang iniinom bago dumating si Sir. Sandali siyang nag-attendance bago mag-announce ng magandang balita.

**"Halfday lang... By lunch pwede na kayong umuwi basta wag kakalimutan ang mga lessons para sa afternoon class niyo. Self study muna kayo."**

Agad na naghiyawan ang mga ugok pero aga ding silang umayos dahil sa pagtingin sa kanila ni Sir ng masama. Mukang masama pa rin ang loob niya sa hindi namin pagsulpot nung isang araw.

*Na-prank si Sir Alvin.*

Pakiramdam ko humaba ang oras dahil sa paghihintay namin. Kaya naman ng matapos ang huling klase namin para sa umaga parang nagkaroon ng fiesta sa room dahil paghihiyawan ng mga tukmol na Ulupong.

Nakatayo ako habang inaayos ang gamit ko. Lilingunin ko sana si Yuri ng bigla nalang sumulpot ang Hari ng mga Ulupong sa tabi ko.

**"Lunch?"** Alok niya.

Umiling ako. **"Diretso uwi ako."**

**"Eat all you can buffet."**

Mabilis kong sinakbit ang bag ko. **"Tara na. Ready na ko."**

Napailing siya habang natatawa. Napatingin ako sa tabi niya ng dumaan si Yuri. Agad ko siyang pinigilan sa paghawak sa braso niya. Nagulat pa siya nung una pero tumigil din sa paglalakad.

**"S-saan ka? Sama ka samin. Kakain kami."** Aya ko sa kaniya at sandali kong nilingon si Keifer.

Ngumiti siya sakin. **"Hindi pwede. May bisita ako galing Japan."**

Binitiwan ko siya at tumango. **"S-sige. Text ka kung gusto mo sumama o sumunod."**

Ngumiti siya at tumango bago tumalikod samin. Nagsisimula na naman akong mag-isip ng kung ano-ano. Gusto ko sana siyang makasama sa mga lakad namin para hindi siya lumayo samin.

*O para bantayan?*

Napalingon ako kay Keifer ng mapansin ko ang pagtitig niya sakin. Halatang sinusuri niya ang nasa isip ko. Kaya naman ginawa ko ang pinaka-mabisang dipensa.

Nag-duling-dulingan ako. Agad naman siyang umalma at pilit tinakpan ang mga mata ko.

**"Stop that!"** Sabi niya habang nakatakip ang palad sa mata ko.

Inalis kong pilit ang kamay niya at nilayo ang ulo ko pero hindi siya pumayag.

**"Ano ba?! Alisin mo na!"**

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa kaya pilit ko siyang inabot para hampasin pero nakaka-iwas siya kaya braso nalang niya ang pinag-initan ko. Pinaghahampas ko yon at kinurot-kurot.

**"Aw! S-stop!"** Reklamo niya bago tuluyang alisin ang kamay niya.

Kitang-kita ko ang pamumula ng balat niya. Nakaramdam naman ako ng kaunting konsensya. Pero mas nanaig sakin ang inggit.

*Siya na maputi.*

Sandali akong natigilan ng mapansin kong kami nalang pala ang nasa room. Mukang naka-alis na ang mga Ulupong ng hindi namin napapansin. Ang bilis talaga ng mga yon pagdating sa uwian at kainan.

**"Tara na... Naka-alis na pala sila."** Aya ko at nauna ng maglakad.

Paglabas namin ng room bumungad kagad samin si Denzel na halatang stress na stress sa kausap niya. Pinagmasdan ko siyang kulang nalang umiyak na.

**"Grace naman! Delikado nga!"** Halos maiyak na sabi niya.

Mukang si Grace ang nagpapa-stress sa kaniya.

**"Hindi nga ako pwede! May trabaho ako!"** Dagdag pa niya at nasabunutan ang sarili. **"Makinig ka muna kasi—hello? Grace?"**

Tinignan niya ang cellphone at kulang nalang magmura siya ng malakas. Mukang pinatayan siya ng tawag ni buntis.

**"Kaya pa?"** Tanong ni Keifer na umagaw ng atensyon niya.

Gulat siyang napatingin samin. **"A-andyan pa pala kayo?"**

**"Hindi. Kanina pa kami wala. Imagination mo lang kami."** Sagot ko at napakamot naman siya ng ulo. **"Bakit ba stress na stress ka dyan?"**

**"Si Grace kasi... Di ba pinangakuan ko siya na sasamahan mo siya ngayong week?"**

*Ay oo nga pala.*

**"Nakalimutan ko yon."**

**"Hindi ko na din pina-alala. Dahil nga sa nagtangka sa inyo kahapon. Balak ko sana next week nalang tapos ako ang sasama."** Paliwanag niya.

Kaya pala. Sabagay, mahirap nga namang basta-basta lumabas ngayon. Lalo na at may nag-tatangka sakin. Kung si Aries nga at Ella na walang kinalaman nadamay. Paano pa kaya si Grace na buntis?

*Hindi ko kakayanin kapag may nangyari sa kaniya dahil sakin.*

**"Anong sabi? Pumayag ba?"** Tanong ko.

Umiling siya. **"Ayaw eh. Tapos paalis na daw ng bahay."**

**"Hala! Delikado!"**

**"May isa pang problema."** Sabi niya at inabangan ko ang sasabihin niya. **"May trabaho ako. Sayang kung hindi ko papasukan malaki din ang tip sakin don."**

Hindi ko maiwasang hindi mamangha kay Denzel. Nagpapaka-responsable na talaga siya. Hindi kagaya nung una na pinag-tatabuyan niya si Grace at ayaw panagutan ang pinagbubuntis. Ngayon, talagang subsob siya sa trabaho para mag-ina niya.

Napangiti ako. Gusto kong makatulong sa kaniya kahit sa maliit na paraan lang.

**"Kami nalang sasama kay Grace."** Sabi ko at agad siyang umiling.

**"Hindi na. At isa pa, delikado para sayo."**

**"I'm with them. If you still disagree, don't go to work and accept my money."** Sabi ni Keifer at akmang kukuhanin ang wallet.

*Ako a-accept.*

Mabilis na umalma si Denzel. **"Ay hindi! Wag!"**

**"Okay then, kami na ni Jay-jay ang bahala sa kaniya."** Sabi ng Hari ng mga Ulupong at bigla nalang umakbay sakin.

Otomatikong umangat ang siko ko at tumama sa sikmura niya. Napabitaw naman ang gunggong at napayuko habang hawak ang tyan.

**"Wag ka mag-alala. Wala naman siguro magtatangka sa buntis."** Paniniguro ko habang nakangiti sa kaniya.

Tumango naman siya. **"Maraming salamat Jay. Pasensya na rin. Sayang kasi kung tatanggihan ko ang trabaho baka hindi na maulit."**

Mas lumapad ang ngiti ko sa kaniya. **"Ano ka ba? What are friends are for?"**

*Friends.*

Kusang nawala ang ngiti ko ng maalala ko ang sinabi ni David tungkol kay Yuri. Mas gusto kong isipin na ayaw lang niya kami madamay. Alam kong mahalaga din kami sa kaniya.

**"Text niyo nalang ako kapag kasama niyo na siya. Maraming salamat talaga!"** Sabi ni Denzel habang naglalakad paalis at kumakaway.

Nilingon ko ang Hari nga mga Ulupong. Agad siyang ngumiti sakin na kinasingkit pa ng mga mata niya. Gusto ko siyang suntukin sa simpleng pagpapa-cute na ginagawa niya.

Inirapan ko nalang siya bago kuhanin ang cellphone ko at itext si Grace para alamin kung saang mall siya nag-punta. Mabuti nalang at nag-reply siya agad.

Sunod ko namang tinext si Kuya at si Aries para mag-paalam. Matagal-tagal bago ko pinag-isipan ang sasabihin ko para lang payagan ako.

**To:** *Kuya Angelo, Horoscope*

**Message:** *PhUntah lng aq mall*😁😁. *Mhay smhn aqng bUnthi*s . *Safe aq, my ksmah aqng safeguard* .

(Punta lang ako mall. May samahan akong buntis. Safe ako, may kasama akong guard.)

Halos magkasunod silang sumagot sa text ko.

**From:** *Horoscope*s

**Message:** *I don't understand your words. Fix it.*

**From:** *Kuya Angelo*

**Message:** *I understand nothing.*

Napangiti ako. Pwede na yan. At least nagpaalam ako. Kapag nagreklamo sila. Sasabihin ko, wala naman sila sinabi sa text. Hindi naman nila sinabi na '*hindi pwede*'.

Binalik ko na ang phone ko sa bag at inaya na ang Hari na halatang naiinip na. Dumiretso kami sa parking kung nasan ang kotse niya. Dahil nabangga ang mamahalin niyang sports car kahapon, iba naman ang gamit niya ngayon.

Mamahalin pa rin at mukang nakakatakot sakyan. Yung tipong hindi ka hihinga para lang hindi malagyan ng bacteria at baka maging mitsa pa yon ng pagkasira ng kotse.

*Saan ako kukuha ng pambayad? Yung isla?*

Pagsakay sa loob, straight body lang ako at straight forward lang din ang tingin. Bahagya pa siyang natawa dahil sa itsura ko at nang mapansing hirap ako sa seatbelt siya na ang umayos.

Mabilis lang ang naging byahe namin papunta sa mall na tinext ni Grace. Mabuti nalang at sa isang kainan niya naisipang makipag-kita dahil gustom na talaga ako.

**"Kayo na ba?"** Bungad samin ni Grace pag-upo namin sa harap niya.

**"Does it matter?"**

**"Hindi ah!"**

Sabay naming sagot na nagpataas ng kilay niya samin. Kahit manas ang muka niya lumalabas pa rin ang katarayan niya. Pero kahit wala siyang suot na make up maganda pa rin siya.

*Siya na maganda. Ako sobrang ganda lang....sa paningin ko.*

Matagal-tagal din kaming naupo sa loob ng restaurant. Hinanap pa kasi ni Grace ang pangalan ng mga tindahang gusto niyang puntahan. Ang sama tuloy ng tingin samin ng ibang mga naghihintay para kumain.

Umalis nalang kami agad. Kami ni Grace ang magkasabay habang nasa likod naman namin si Keifer na walang kibo.

Hindi ko maiwasang hindi mapatingin sa tyan ni Grace dahil panay ang hawak niya at panay ang sibangot na para bang may ini-inda siya mula sa loob ng katawan.

*Mukang hindi to maganda.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 337

**A/N:** Imagination lang ang Section E.

Imagination ko! Akin! Mine!

## Grazel

***Jay-jay's POV***

**"Ilang months na ulit?"** Tanong ko habang tumitingin kami ng damit para sa baby.

**"7 months."**

**"Bakit?"** Wala sa sariling tanong ko.

Ganun kabilis ang panahon? Pitong buwan na ang tyan niya na hindi ko namamalayan. Sa dami ng naganap samin hindi ko na napapansin na ganun kabilis nang lumipas ang mga araw.

Iritado niya kong tinignan. **"Anong bakit? Alangan namang hindi lumaki ang tyan ko. Ano yan? Habang buhay na fetus?"**

Napakamot ako sa ulo dahil sa pagta-taray niya. Hindi ko lang siya magawang sagutin dahil sa buntis siya at baka mapaiyak siya ng di-oras. Baka awayin ako ni Denzel kapag nang-yari yon.

*Hintayin ko siyang manganak.*

Sinilip ko si Keifer na naka-sunod lang samin. Halatang naiinip na siya at nililibang ang sarili. Medyo naaawa nga lang ako dahil naging taga-bitbit siya ng pinamili ni Grace. At naging taga-bitbit din ako ng mga hindi pa niya nababayaran.

**"May dalawang buwan na kaya ang tyan ko nung pilit mo kaming pinag-bati ni Denzel."** Sabi niya habang tinitignan ang mga damit ng baby.

**"Alin? Yung muntik ka ng tumalon sa tulay?"** Inosenteng tanong ko at bigla niya kong tinignan ng masama.

**"Wag mo nga paalala yan!"** Inis na sabi niya. "**Hindi ako makapaniwalang ginawa ko yon."**

**"Bakit?"**

**"Kasi naisahan ako nyang boyfriend mo."** Sagot niya sabay turo kay Keifer na tinitignan ang mga sapatos ng baby.

Agad akong umiling. **"Ay! Hindi ko boyfriend yan!"**

Napakurap-kurap siya bago magpa-balik-balik ang tingin niya sakin at kay Keifer.

**"Ang landi niyo sa isa't-isa tapos hindi kayo?"** Tanong niya sunod ngiwi. **"Label din."**

*Siya lang malandi. Marupok lang ako.*

Nagpatuloy si Grace sa pagtingin ng mga damit. Nang makonte sa mga nakuha, tsaka naman kami lumapit sa cashier kasunod pa rin ang Hari ng mga Ulupong.

Nagdalawang tingin pa ko sa kaniya ng makita kong may hawak siyang sapatos ng baby. Isang panlalaki at isang pambabae.

**"Anong gagawin mo dyan? Regalo sa inaanak?"** Tanong ko at umiling siya.

**"Para kay Caretaker at Watcher."** Sagot niya at sumilay ang nakakalukong ngiti.

*Sira-ulo talaga!*

Agad ko siyang sinuntok sa braso at halatang nagulat siya. Pati mga tao sa loob ng botique napatingin din samin.

**"Aw, bakit?"**

**"Anong bakit? Ibalik mo nga yan!"** Pabulong na sigaw ko habang pinanlalakihan siya ng mata.

**"Ayoko. This is for our future baby."**

Muntik ko na siyang masampal dahil sa inis. Papanindigan talaga niya ang balak na pagbili sa mga sapatos.

**"Kupas na yan kapag nabuo ang baby mo."**

**"Edi gawin natin sila ng maaga."**

Agad akong napatingin sa mga tao ng marinig ko silang magtawanan. Pati si Grace na kausap ang Cashier napatawa din kahit hindi nakatingin samin.

Hinarap ko ang lintik na Hari ng mga Ulupong kahit nag-iinit ng husto ang muka ko. Gustong-gusto ko na siyang sapakin sa muka pero ayoko ng eksena at baka hindi rin maganda sa buntis na makakita ng nag-aaway.

**"Ibalik mo na yan. Kundi babasagin ko yang sayo at tignan ko lang kung may mabuo ko pa."** Banta ko.

Napabuntong hininga naman siya bago ibalik ang mga kinuha. Mabuti nalang at tapos na din si Grace kaya agad kaming lumabas ng bilihan. Hindi na ko babalik sa tindahan na yon at kung pwede lang wag ko na makita ang mga taong namili kasabay namin.

*Hindi ko kaya ang kahihiyan.*

Ang tukmol ulit ang nagdala ng pinamili namin. Isang tindahan nalang at balak na naming umuwi. Muka kasing pagod na si Grace dahil sa pamumutla niya. Ilang beses ko siyang tinanong pero panay naman ang sabi niya na okay lang siya.

Napansin kong palapit na kami sa exit ng mall. Tsaka ko lang natanaw ang tindahan hinahanap niyang tindahan. Gusto kong mag-reklamo sa may-ari ng mall na to. Bakit naman kasi layo-layo ang tindahan para sa Baby?

*Pinahihirapan nila ang buntis.*

**"Pwede bang ilagay ko muna to sa kotse?"** Tanong ni Keifer halatang hirap na sa mga dala.

Lumingon si Grace sa kaniya. **"Go lang."**

Tumingin siya sakin saglit bago kumindat. Balak ko sanang bumawi ng mura pero naka-alis na kagad siya palayo samin.

**"Kinilig ka naman."** Sabi ni Grace na nakita din pala ang ginawa niya.

Napangiwi ako. **"Anong nakaka-kilig don?"**

Pinag-patuloy namin ang paglalakad. Panay ang lait niya sakin at sa kalandian ko daw kay Keifer. Panay naman ang tanggi ko at irap sa kaniya. Mukang masaya siya na pagtripan ako.

**"Tuloy mo yan, para sa susunod ikaw naman ang sasamahan ko sa pagbili ng damit ng Baby."** Pang-aasar pa niya.

**"Lakas ng pananalig niyong mabubuntis ako ah?"** Inis na sabi ko at tumawa naman siya.

Sandali siyang napatigil dahil sa pagkirot ng tyan niya. Kita ko ang mahigpit niyang paghawak sa tyan at pag-ngiwi. Agad ko siyang inalalayan at naghanap ng pwedeng upuan.

*Hala! Hala! Keifer! Tulong!*

Ilang minuto din siyang hindi gumagalaw hanggang sa huminga siya ng malalim.

**"Ayos ka lang? Gusto mong pumunta ng ospital?"** Nag-aalalang tanong ko.

Umiling siya. **"Okay lang. Contractions lang."**

**"Konstraksyon?"**

Agad siyang sumibangot. **"Kumidyante ka?"**

Umiling ako at halos sabay kaming tumawa. Pinagpatuloy namin ang paglalakad habang inaalalayan ko siya pero dahil abala ako sa kondisyon niya hindi ko napansin ang naglalakad sa harap namin kaya nabunggo ko siya.

**"The hell!"** Maarteng reklamo nang nabunggo ko.

**"S-sorry. Hindi ko sadya!"** Sabi ko habang palapit sa kaniya at akmang hahawakan siya pero natigilan ako ng makita ng maayos kung sino siya.

*Wow, bakit ngayon pa?*

**"Freya..."** Tawag ni Grace sa kaniya.

Bahagya akong umatras at lumapit kay Grace para alalayan ulit siya kahit hindi naman talaga niya kailangan ng alalay. Bahagya akong umiwas nang tignan niya kami.

**"Seriously?"** Sarcastic na sabi niya habang tinitignan kami pareho.

**"T-tara na Grace."** Aya ko dahil hindi ko matiis ang magtagal na kaharap siya.

Halata din namang hindi komportable si Grace kaya mabilis siyang tumango.

**"Oh bakit? Why in a hurry Grace? Ngayon na nga lang ulit tayo nagkita."** Mapang-asar na sabi niya.

Pero ako ang nakaramdam ng inis. Pinilit kong huminahon bago makapag-salita ng hindi maganda. Kaso magaling talagang magpa-init ng ulo tong coloring book na to.

Panay ang ngiti niya habang tinitignan ang tyan ni Grace. Hindi ko maintindihan kung namamangha ba siya o nang-aasar ng tunay.

**"Look how huge your belly is. Kung marunong ka lang sana o yang talunan mong boyfriend hindi ka mabubuntis ng maaga."** Sabi niya at ngumiti ng matamis.

**"Edi ikaw na marunong."** Bulong ko pero mukang napalakas.

Agad akong tinignan ni Freya ng masama. Sinabayan ko ang mga tingin niya at handa akong ipakita sa kaniya na hindi ko siya uurungan.

**"Ikaw din, marunong ka. Pagsabayin mo ba naman ang dalawa tapos hindi ka pa rin nabubuntis."** Bwelta niya sakin.

*Anong akala niya sakin?*

Binitiwan ko si Grace para maharap siya ng maayos.

**"Mahirap magpaliwag sa taong sarado ang isip kagaya mo. Hindi ko sila pinagsasabay at kaibigan ko lang si Yuri, eh ikaw? Ano ka sa kaniya?"** Sagot ko naman.

Kita ko ang galit sa mga mata niya. Kulang nalang sakmalin niya ko ngayon pero nagagawa pa rin niyang kumalma.

**"Jay..."** Tawag ni Grace pero hindi ko siya pinansin.

**"Kaibigan ka nga pero wala ka ng kailangan niya ng kasama. I'm always there for him while you we're busy crying around because of Keifer."**

*Yun nga ba ang dahilan kaya hindi ko napansin ang problema niya?*

**"Alam ni Yuri na andyan lang ako para sa kaniya. Hindi lang talaga niya ugali na mang-istorbo ng iba."**

Halatang ayaw niyang tanggapin ang sinabi ko. Sunod-sunod niya kong inirapan.

**"Just accept the fact that you're too smitten with Keifer and Yuri doesn't really matter to you at all."**

**"Freya... Tumigil na kayo."** Awat ni Grace pero hindi siya makalapit samin.

**"He matters to me, gago."**

Halatang napikon na siya sa sinabi ko. Nagkuyom na ang kamao niya at handa na sana akong sampalin pero hindi pa ko tapos.

**"Eh ikaw? Does it matter to you that you're together but he don't have a feelings to you?"**

*Kaya ko din mag-english.*

Halatang nabigla siya sa sinabi ko. Pati ako nabigla din lalo na ng makarinig ako ng mga bulungan. Pinagtitinginan na pala kami ng mga taong dumadaan.

*Instant sine kami dito.*

**"Wala kang alam. Why don't you go back to your Keifer and I will take care of Yuri."**

**"Oh ngayon naman pagtatabuyan mo si Keifer? Bakit hindi ka na ba makahingi ng pera sa kaniya? Tapos kapag wala ka na, tatakbo pabalik—."**

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa pagsampal niya. Pero nang dahil din don nahimasmasan ako sa mga sinabi ko. Hindi ko dapat sinabi yon.

**"Wala kang alam!"** Sigaw niya sakin at susundan pa sana ng isang sampal pero pumagitna na si Grace.

Sabay niyang hinablot ang buhok naming dalawa. **"Tama na sabi!"** Gigil niyang sabi.

**"Let go of my hair!"** Palag ni Freya habang ako hindi makapag-salita.

**"Mahiya naman kayo! Dito pa kayo nag-away!"** Sermon niya at kinaladkad kami palayo sa mga tao.

*Nasermunan na nga ng buntis.*

Halatang galit si Grace dahil sa higpit ng hawak sa mga buhok namin. Malalaki din ang hakbang niya. Palapit na kami sa exit ng mall ng biglang siyang tumigil. Hawak pa rin niya ang buhok naming dalawa.

**"Bitawan mo na kami baka ma-stress—Grace!"** Nasigaw ko nalang ang pangalan niya ng makita ang pag-agos ng tubig mula sa mga hita niya.

Napatingin din si Freya sa tinitignan ko at sunod-sunod siyang nag-mura. Pilit akong humiwalay sa pagkakasabunot ni Grace at agad siyang inalalayan.

**"A-aray..."** Inda niya habang hawak ang tyan at unti-unting napapa-upo.

**"Grace, kung gusto mo umihi sana sinabi mo."** Nag-aalalang sabi ko.

**"Idiot! That's her waterbag!"** Galit na sagot ni Freya,

*Bakit ba andito pa to?*

**"Anong waterbag? Pantog?"**

Kulang nalang sampalin niya ko dahil sa tanong ko.

**"Can you be more damn? Panubigan! Bahay bata! The water around the baby!"** Explain niya na halos ikaluwa ng lalamunan niya.

*Ang pangit niya. hehe*

**"Ok."** Sagot ko pero halatang hindi kumbinsido.

Akala ko babatukan niya ko ng itaas niya ang kamay niya pero biglang sumigaw si Grace na kinatakot namin pareho.

**"Tumawag na kayo ng ambulansya!"** Sabi ng isang matandang babae habang nakatingin samin.

Mukang kanina pa kami pinagkakaguluhan ng mga tao. Sobra-sobra na ang eksenang ginawa namin dito sa mall na to.

*Dapat na tong ipasara.*

**"Hindi aabot!"** Sabi ni Freya at tumingin sakin. **"Kukuhanin ko ang kotse ko. Wait for me."**

*Totoo ba ang narinig ko?*

**"H-hoy! T-teka Freya!"** Tawag ko sa kaniya pero naka-alis na siya.

Napatingin ako sa ilang nanonood na nagawa pang mag-video at mag-picture sa sitwasyon namin.

**"Hoy! Mahiya nga kayo! Gagamitin niyo ang paghihirap ng iba para lang makakuha ng likes at share sa internet!"** Sita ko sa kanila.

Halatang na-offend ang iba at merong nahiya pero meron ding makapal talaga ang muka at ayaw ibaba ang cellphone.

**"Hindi ka titigil?! Papakain ko sayo yang cellphone mo?!"** Banta ko.

**"Tapang."** Sagot niya at tumawa.

Tatayo na sana ako ng hablutin ni Freya ang cellphone niya at may pinindot bago ibalik.

**"Reboot. You're welcome."** Mataray na sabi niya bago lumapit samin kasama ang ilang security guard.

Binuhat nila si Grace at nilabas ng mall. Agad akong sumunod sa kanila. Naka-abang na ang kotse ni Freya sa tapat lang ng exit.

**"Get in."** Utos ni Freya sakin ng ma-sakay na si Grace."

Agad naman akong sumunod at tumabi kay Grace na halatang hirap na hirap na.

**"H-hindi ko na kaya."** Sabi niya at mahigpit na humawak sa kamay ko.

*Kayanin mo!*

**"Sandali lang Grace! Malapit na tayo sa ospital!"** Sigaw ko na para bang ako ang nahihirapan.

**"Stop shouting!"** Sita ni Freya sakin.

**"Bilisan mo kasi!"** Reklamo ko sa kaniya.

**"Annnggggg sssaaaaaaakkkkiiiitttttttttttt!"** Sigaw din ni Grace. **"Manganganak na ko!"**

**"Hindi pa pwede!"** Sabi ko at minura ako ni Freya.

**"Bobo! Anong hindi pwede?!"** Inis na sabi niya.

**"Feeling mo matalino ka na sa pagtawag sakin ng bobo?"** Sarcastic na tanong ko.

**"Hindi, bobo ka naman kasi talaga!"**

Halatang hindi siya papatalo kaya naman agad akong bumawi. Nauwi sa sagutan ang byahe namin habang panay ang iyak at sigaw ni Grace.

**"Tumigil na kayo! Kayong dalawa ang dahilan nito eh! Pag may nangyari sa baby ko kakatayin ko kayo ng buhay!"** Buong lakas na sigaw ni Grace at bigla nalang siyang nagmura. **"Yung ulo ng bata!"**

Agad na tinapakan ni Freya ang preno at tumingin kay Grace. Halatang natataranta din siya pero pilit nag-iisip ng solusyon.

**"Hindi na tayo aabot."** Sabi niya at pina-andar ang kotse para humanap ng mahihintuan.

Dali-dali siyang bumaba ng ma-park ang kotse ng maayos. Nagulat ako ng buksan niya ang pinto sa tabi ni Grace at pahigain siya ng maayos at bahagyang pasandalin sakin.

**"Teka lang... anong gagawin mo Freya?"**

**"Papa-anakin si Grace."** Sagot niya.

Kokontra pa sana ako ng marinig ko ang cellphone ko mula sa bag ko. Pilit kong kinuha ang bag ko. Nilabas ko muna ang ilan sa mga gamit kagaya ng extrang damit na dala ko pero kinuha naman ni Freya yon para gamitin kay Grace. Hinayaan ko nalang at sinagot na ang tawag.

**"H-hello?"**

**["*Hey, where are you?*"]** Bungad ni Keifer.

**"A-ano....pupunta kami ospital. Si Grace mangnganak na!"** Sabi ko at halatang nagulat din siya.

**["*Saang ospital yan? Susunod ako. Tatawagan ko din si Denzel.*"]**

**"Sa kalsada."**

**["*What?*"]**

**"Basta! Sa Peralta hospital nalang tayo magkita!"** Sagot ko at pinatay ang tawag.

Binalikan ko si Grace na kasalukuyang umiire. Si Freya naman ang nasa paanan niya at nagpapa-anak sa kaniya.

**"H-hindi ba delikado to? 7months palang ang bata."** Nag-aalinlangang sabi ko pero walang pumansin sakin.

Mahigpit ang pagkakahawak ni Grace sa kamay ko at ng sumigaw siya kasabay ng pag-ire parang nadurog ang buto ko sa kamay kaya napasigaw na din ako. Mas malakas pa nga yata ang boses ko sa kaniya.

**"Aray ko..."** Bulong ko pero agad ding napawi ang sakit ng marinig ang iyak ng bata.

Nang tignan ko si Freya, hawak na niya ang bata at nakabalot sa damit kong kinuha niya kanina. Kita ko ang matamis na ngiti niya habang pinagma-masdan ang bata pero agad ding nawala yon ng tignan niya si Grace.

**"Grace. Grace."** Sabi niya habang tinatapik si Grace.

Nakaramdam ako ng takot kaya agad ko ding tinignan si Grace at bahagyang inuga. Halatang pinipilit lang niyang gisingin ang sarili kahit halos bumagsak na ang talukap ng mga mata.

Sunod-sunod ang pagmumura ni Freya bago iabot sakin ang bata.

*Ang liit niya.*

Hindi ko na namalayan ang mga ginawa ni Freya hanggang sa umandar na ulit ang kotse. Mas mabilis pa ang patakbo niya kesa kanina bago niya maisapang paanakin si Grace sa tabi ng kalye.

**"D-dahan-dahan naman!"** Reklamo ko ng mag-over take siya sa isang sasakyan at makatanggap ng malakas ng busina.

Hindi naman siya sumagot at sunod ko nalang napagtanto na nasa Peralta Hopital na kami. Siya ang nagtawag ng mga nurse at doctor na tutulong kay Grace at sa Baby.

Wala akong malay sa mga nagaganap at naka-tanga lang. Parang napaka-walang kwenta ko habang pinapanood silang lahat na kumilos. Maging si Freya ay walang tigil sa pakikipag-usap sa mga doctor.

Gusto kong pagtawanan ang sarili ko. Ang lakas ng loob kong pangakuan si Denzel na ako na ang bahala kay Grace pero heto at nangyari ang hindi isa sa kinatatakutan namin.

*Nanganak siya ng wala sa oras.*

Napatigil lang ako sa pag-iisip ng kalabitin ako ng isa sa mga security guard.

**"Miss, pwedeng pakitabi po ang kotse niyo? Nakaharang po sa emergency way."**

**"H-ha?"**

**"Paki-alis nalang po, baka may dumating na ambulance."**

Balak ko sanang tawagin si Freya dahil kotse naman talaga niya yon pero tinignan na ko ng masama ng guard kaya napilitan na kong lumabas at sumakay sa loob ng kotse niya. Mabuti nalang at andito pa din ang susi.

Hindi ako marunog mag-drive kaya hindi ko alam ang gagawin. Pero kahit papano pamilyar naman ako sa mga gamit sa loob.

Pinihit ko muna ang susi para mag-start ang engine. Ganun nalang ang ngiti ko ng marinig ang tunog ng makina. Mabuti nalang at automatic ang kotse niya na halos kapareho ng kay Aries. Ginalaw ko ang kambyo sa pagkaka-alala ko.

Pina-ikot ko din ang manibela pakanan para dumiretso ang gulong sa daan. Mabuti nalang at may diretsong daan sa kabilang bahagi kaya hindi ko na kailangang iastras ang kotse.

Sinubukan kong tapakan ang gas pero dahil sa takot ko panay din ang tapak ko sa break. Parang kabayong kakadyot-kadyot ang kotse sa pag-andar. Nakikita ko tuloy ang mga tao sa labas na nakatingin sakin.

*Pasensya ah? Hindi po ako marunong mag-drive.*

Nakahinga ko ng maluwag ng maalis ko ang kotse sa daan ng emergency. Parking naman ang sunod kong problema.

Sinundan ko ang arrow na nagsasabi ng parking. Kakadyot-kadyot na naman ang andar ng kotse dahil mas natakot ako sa dami ng saksakyan. Baka mabangga ko sila mas malilintikan ako.

Ang layo ng tingin ko para lang makahanap ng pwesto. Mabuti nalang at may nakita akong kotse na kaka-alis lang at maluwag sa area niya dahil may dalawang spot sa magkabilang side na walang naka-park.

Agad kong pinihit ang manibela para makaliko at makalapit sa parking spot na nakita ko at dahil hindi nga ako marunong mag-drive sinakop ko ang tatlong spot na nakita ko. Napakamot nalang ako sa ulo pero wala naman magagawa.

Lumabas ako ng kotse at ginaya ang ginagawa ni Aries sa susian. Pinindot ko ang my symbol na lock at tumunog ang kotse.

*Yesss, ang yaman ng dating.*

Mabilis akong tumakbo pabalik ng ospital para hanapin si Freya at ibalik ang susi ng kotse niya. Nang tignan ko sila sa emergency room wala na sila don kaya nagtanong ko sa nurse na nakita kong kausap ni Freya kanina.

**"Ay nilipat po ang pasyente sa isang private room."** Sabi niya at tinuro sakin ang floor.

Dali-dali ko namang pinuntahan yon, habang naglalakad ako sa hallway napatingin ako sa mga signage na nakasabit sa pader. Susundan ko na sana ang nursing station ng makita ko si Freya sa harap ng isang bintana.

Nilapitan ko siya at akmang kakalabitin ng mapansin ko ang tinitignan niya. Mga baby.

At bigla ko naalala ang usapan nila ni Aries.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 338

**A/N:** Sorry ngayon lang update.

**Happy Birthday!!**

Gwyneth Maranan
Melanie Marasigan
Eihra Mae
Menabelle Nicole Soriano

**Grazel Jay**

***Jay-jay's POV***

Siguro kung nakikita lang ako ng mga nurse sa loob ng nursery baka nawi-wirduhan na sila sakin. Panay ang tingin ko kay Freya tapos ay babalik sa mga Baby na tinatanaw niya. Tapos titingin ulit ako sa kaniya tapos babalik ulit sa mga baby tapos sa kaniya ulit tapos sa mga Baby ulit tapos sa kaniya na naman ulit.

**"Hindi ka titigil?"** Tanong ni Freya ng hindi nakatingin sakin. **"Para kang baliw."**

Napakamot ako sa ulo. Hindi ko kasi alam kung paano siya kakausapin. Gusto ko humingi ng tawad sa kaniya dahil sa mga sinabi ko bago niya ko sampalin. Pero nagda-dalawang isip ako dahil sobrang sakit ng sampal niya bawing-bawi na siya sa mga sinabi ko.

*May pasobra pa nga.*

Malalim siyang nagbuntong hininga bago ako harapin. Taas na taas ang mga kilay niya sakin. Alam kong tatarayan na naman niya ko kaya kaylangang ng counter attack.

**"Antaray ng kilay, nakakasaksak."** Sabi ko at mukang nabusit na siya sakin.

**"Seriously?"** Sarcastic na tanong niya.

Inikom ko ang mga labi ko. Dapat talaga iniisip ko muna ang mga sasabihin ko. Ang dalas kong mapahamak dahil sa kawalan ng pamigil sa pagsasalita.

**"A-ano kasi..."** Napakamot ako sa ulo ko.

**"Naiinggit ka sa kilay ko?"** Mataray niyang tanong.

*Ayoko niyan, nakakasaksak.*

Umiling ako. **"G-gusto ko lang sanang humingi ng sorry. Tungkol sa sinabi ko bago mo ko sampalin."**

Kita ko ang pagseryoso ng muka niya. Alam kong narinig ko na to noon kay Yuri at nabasa sa conversation nila ni Aries pero iba pa rin kung isa sa kanila ang magku-kumpirma.

**"Totoo? Binibigyan ka talaga niya ng pera?"**

May parte ko na ayaw talagang malaman ang totoo. Dahil hindi ko maintindihan kung bakit ginagawa ni Keifer yon. Pakiramdam ko may malalim na dahilan.

Pero alam ko din namang madali lang hingan ng pera ang Hari ng mga Ulupong. Malay ko ba kung noon pa man, yun na ang paraan niya para makatulong.

*Saan nga yun lang.*

**"Yeah, he do give me money."** Umirap siya bago humarap sakin. **"But thanks to you, he suddenly stopped."**

Tinuro ko ang sarili ko. **"Bakit ako?!"**

Para akong pinagbibintangan sa isang krimen na wala akong kinalaman.

**"Aba ewan ko sayo! Basta simula ng mahumaling siya sayo hindi naging consistent ang pagpapadala niya sakin, hanggang sa huminto nalang."** Inis na sagot niya.

**"Aba hindi ko rin alam! Malay ko ba sa inyong dalawa—!"**

Napatigil dahil sa biglang paghinto ng isang nurse sa tapat namin.

**"Baka pwede pong hinaan ang boses, wala po tayo sa kalye."** Mahinahon niyang sabi pero may halong inis.

**"S-sorry po."** Sabi ko at tumango naman siya bago umalis.

Hindi ko napansin ang paglakas ng boses naming dalawa. Napilitan tuloy akong tumahimik sa pagkagat sa labi ko.

*Siya po may kasalanan.*

Bumalik kami sa pagtingin sa mga baby sa loob ng nursery. Ang cute nilang lahat habang mahimbing na natutulog. Pero parang hindi ko makita ang anak ni Grace.

**"Nasan pala yung baby ni Grace?"** Tanong kay Freya.

**"Wala dito. Dahil sa labas siya ng ospital pinanganak hindi siya pwedeng isama sa ibang baby. They considered her contaminated or expose to bacteria."** Paliwanag niya.

Hindi ko maiwasang hindi mamangha sa mga sinasabi niya. Para kasing ang dami niyang alam tungkol sa panganganak at sa baby.

*Teka lang... Her?*

**"Babae anak ni Grace?"** Gulat na tanong ko.

Pinagtaasan niya ko ng kilay. **"Hawak mo na ang bata kanina, hindi mo man lang napansin?"**

Umiling ako. **"Ang liit kasi niya, natakot akong galawin ang mga hita niya."**

Napa-irap siya. **"Babae. Muka namang healthy kahit premature. Sana lang talaga walang nangyaring masama."**

**"Kasalanan mo, inaway mo kasi ako."** Wala sa sariling sabi ko.

Agad niya kong tinignan ng masama. **"Wow, coming from you."**

Sasagot na sana ako ng may lumapit na doctor samin. Akala ko babawalan na naman kami dahil nag-iingay kami pero hinarap siya ni Freya na may pag-aalala.

**"Ikaw ang nagpa-anak kay Ms Miller?"** Tanong ng Doctor at tumango lang naman si Freya bilang sagot. **"Saan ka natuto? Na-handle mo ng maayos lahat. Pero delikado pa rin yon dahil expose ang mag-ina. Bukod sa premature ang baby hindi rin sigurado kung na-sterilize ba ang ginamit mong pamutol ng pusod. Next time mas mabuti kung tatawag ka ng ambulance."**

**"I know, nataranta lang ako dahil naramdaman na niya ang ulo ng bata. How is she and the baby?"**

Tinignan ko ang Doctor na may hawak pang chart. Meron siyang mga binasa bago harapin si Freya at sagutin ang tanong niya.

**"Safe naman sila. Si Ms Miller most likely due to exhaustion pero normal naman ang blood pressure niya while the baby have sepsis."**

*Sepsis? Sakit ba yun?*

**"A-ano po ang sepsis?"** Nag-aalalang tanong ko.

Eto na nga bang sinasabi ko. May nangyari na ngang hindi maganda sa bata. Anong muka ang ihaharap ko kay Denzel? Nangako ako tapos eto kami ngayon sa ospital at nasa alanganin ang anak niya.

**"Infection. Magagamot naman ng anti-biotics. Hindi naman ganun kalala, maraming baby ang may sepsis dahil nakukuha sa ina."** Paliwanag niya.

*Ay si Grace pala may kasalanan.*

Nakahinga ako ng maluwag sa paliwanag ng doctor. Buong akala ko may malala ng sakit ang baby at dahil yon sa pagsilang niya ng wala sa tamang buwan.

**"Daldalhin nalang ang baby sa kwarto ni Ms Miller."** Dagdag pa niya at hinarap ulit si Freya **"Pwede kang maging Obstetric, you have the skills."**

Nag-paalam na ang doctor at nag-pasalamat naman kami. Kita kong nawala na ang pag-alala ni Freya mula pa kanina. Mukang iniiisip din niya ang nangyari sa baby at kay Grace.

*Kasi nga kasalanan talaga niya.*

Ngayon lang naging malinaw sakin na nag-aalala din siya sa dating kaibigan. Hindi ko tuloy alam kung peke lang ba ang ginagawa niyang pang-aasar at panlalait kay Grace.

**"Kinabahan ako, akala ko may mangyari ng masama sa kanila."** Halos pabulong na sabi ko.

**"Mabuti nalang talaga at wala."** Hinarap niya ko at inambaan ng sampal. **"Kundi, naku! Baka hindi kita natantsa."**

Agad ko siyang tinignan ng masama. **"Bakit ako? Baka ikaw ang nanugod."**

**"Talagang hindi ka papatalo no?"**

**"Ikaw din naman."**

**"Pwede bang sa labas nalang kayo mag-away?"** Singit ng isang nurse. **"Kanina pa kayong dalawa. Nakaka-istorbo na kayo."**

*Ayan na. Nakagalitan na kami.*

Napayuko ako dahil sa hiya, samantalang taas noo namang humarap si Freya. Walang handang kumibo samin o sumagot sa nurse na kaharap namin. Baka malintikan na kami.

**"Isa pa, papatawag na ko ng security para palabasin kayo."** Banta niya.

Kulang nalang dumikit na ko sa pader sa pag-iwas sa masama niyang tingin. Hiyang-hiya ako dahil kanina pa kami kinakagalitan. At mas lalong nakakahiya kapag napalabas kami dito.

Umalis ang nurse na may masamang tingin samin. Bumalik ako sa tabi ni Freya para sana kausapin siya ng maayos pero napatigil ako ng makitang kong nakatingin siya sa cellphone niya.

Merong tumatawag pero '*Blacklisted*' ang nakalagay na pangalan. Hindi niya sinasagot at pinagmamasdan lang ang screen ng cellphone na para bang nanonood lang siya ng video clip.

Bigla tuloy akong kinutuban kung sino ang tumatawag sa kaniya.

**"Hindi mo sasagutin?"** Tanong ko.

**"What for? Paulit-ulit lang naman ang sasabihin niya."**

Natapos ang tawag pero segundo pa lang ang lumipas, tumawag na naman ang parehong pangalan at ganun na naman ang ginawa niya.

**"S-si Percy ba yan?"**

Nahihiya talaga akong itanong pero gusto kong makumpirma kung tama ba ang nasa isip ko. Mabuti nalang at hindi niya kina-irita ang pagbanggit ko ng pangalan ng kapatid kong laging may baong aircon.

**"Nakaka-ilang palit na ko ng number pero eto na naman siya. Hindi ba talaga siya marunong sumuko?"** Mahinahon pero may halong inis na sabi niya.

Mabilis akong nakaramdam ng awa sa step-brother ko. Alam ko at kita ko ang pag-pupursige niyang suyuin si Freya dahil sobrang mahal niya ang dating kasingtahang iniwan niya.

*Kasintahan, lalim.*

Bakit ba hindi nakikita ni Freya na seryoso ang blue eyes na yon magka-ayos sila? Alam kong matagal nawala si Percy pero handa siyang bawiin ang mga taong hindi sila nagkasama.

**"Talaga bang wala ng pag-asa si Percy sayo? Hindi mo ba pwedeng subukan kahit isang beses lang? At least sa kaniya sigurado kang mahal ka."** May halong paki-usap na sabi ko.

Pinatay niya ang tawag at ang cellphone bago ibalik sa bulsa ng uniform niya. Iritado niya kong tinignan. Sa pagkakataon na to alam kong seryoso na ang galit niya hindi kagaya kaninang nagsasagutan kami.

**"Kung si Yuri nga na mahal na mahal ka, hindi mo pinili. Ako pa kaya na walang nararamdaman sa step-brother mo?"** Peke siyang ngumiti. **"Percy tricked me before, ang sabi niya he will help me get close to Yuri pero dapat ipakilala niya kong girlfriend niya para may dahilan ang pagsama ko sa kaniya. But he never let me talk to Yuri until I found out that he's hiding me from them."** Pinagtaasan niya ko ng kilay. **"You think I will let him decieve me again? Hell no."**

Kaya ba ganun nalang ang pagtanggi niya kay Percy? Kasi simula palang niloko na siya?

Alam kong malakas ang katok sa ulo ng lalaking yon pero hindi naman yun kikilos ng hindi nag-iisip. May dahilan siya kaya nagawa yon.

**"Kahit ba katiting hindi mo naisip na mahal ka niya kaya niya nagawa yon? Seryoso siya sayo—."**

Mahina siyang tumawa. **"The only man who take me seriously is your boyfriend. At wala ng ibang gagawa non. Lahat sila may hidden agenda na."**

*Ganun ba siya pinahalagahan ni Keifer non? Teka lang hindi kami.*

**"Hindi ko siya boyfriend."** Singit ko pero hindi naman niya pinansin.

Bigla kong naalala si Edrix. Hindi ko maiwasang hindi maisip ang mga sinabi niya at kung gaano niya kagusto si Freya. Nakikita ko talaga sa mga mata niya ang paghanga niya.

**"Paano kung meron pang kagaya ni Keifer? At nagkataong may gusto din sayo?"** Suntok sa buwan na sabi ko.

Sarcastic siyang tumawa. **"Si Percy?"**

Dahan-dahan akong umiling. **"Hindi..."** Medyo mabagal kong sagot.

Nagtaas na naman siya ng kilay. **"Pinag-t-tripan mo ba ko?"**

Mabagal akong umiling. **"Hindi..."**

Halatang nawi-wirduhan na siya sakin. **"Hindi katiwa-tiwala yang muka mo."**

**"Ay grabe naman! Hiyang-hiya ako sa muka mo ah!"**

**"Ikaw na naman!"** Sita ulit ng nurse sakin.

Agad akong tumalikod at naglakad paalis bago pa siya magtawag ng guard. Ramdam ko ang pagsunod ni Freya sakin. Huminto kami sa isang hallway may kalayuan sa nursery para hindi na din kami marinig ng mga nurse sa area na yon.

**"Ingay mo naman kasi!"** Inis na sabi niya sakin.

**"Grabe ka kasi magsalita."** Napabuntong hininga ako. **"Balik dun sa sinasabi ko."**

Kita ko ang pasimple niyang pagtango. Pilit siyang umiiwas ng tingin sakin habang panay ang pagbatak sa dulo ng buhok. Mukang interesado din naman siyang malaman.

*Ayeih!*

**"Totoo siya, mukang matagal ka na niyang gusto pero hindi siya lumalapit sayo."**

**"Why?"**

**"Feeling niya kasi wala siyang pag-asa."**

Sarcastic na naman siyang tumawa. **"Bakit mo pa sinasabi sakin yan kung alam naman pala niyang wala siyang pag-asa?"**

**"Seryoso at walang hidden agenda ang hanap mo di ba? Ganun siya. Kaya nga hindi siya lumalapit sayo kasi nga ang alam niya naglalaro ka lang at hindi siya ganon. Seryosong relasyon ang gusto niya at malamang na hindi ganon ang type mo."** Paliwanag ko at sandali siyang tumahimik.

Mukang iniisip niyang mabuti ang mga sinabi ko. At tsaka ko napatunayan na may isip pala siya.

*Congrats! Sana lahat may isip.*

Bigla siyang nag-snap gamit ang dalawang daliri at tinuro ako. Akala ko may kasalanan na kong ginawa kaya napahawak ako sa dibdib.

**"What exactly is this about? Sabihin nating meron nga at totoo ang sinasabi mo. Anong mapapala ko?"** Naningkit ang mga mata niya sakin. **"Baka naman ginagawa mo to para lumayo ako kay Yuri?"**

*Err... Partially.*

**"H-hindi sa ganon... K-kasi para mapatunayan mo na din na meron pa ring se-seryoso sayo. Kapag nagustuhan mo siya, edi happy ending."**

**"Happy endings are for kids. And we're not kids anymore."**

Napakurap-kurap ako sa sinabi niya. Halatang bitter pati simpleng paniniwala ng mga bata binabasag.

**"Ikaw din. Sayang ang chance."** Pangongosyensya ko.

Inirapan nya ko pero halata naman na iniisip din niya ang sinabi ko. May paghimas pa siya sa baba gamit ang isang daliri tapos ay kakagatin ang ibabang labi.

Ang tagal niyang mag-isip. Mukang napipiga na ang utak niya at naubusan na ng langis.

**"Sige!"** Lakas loob na sagot niya sakin. **"Bibigyan ko siya ng chance tapos ano? Manliligaw siya?"**

Natigilan ako. Hindi ko naisip ang bagay na yon. Hindi ko nga alam kung papayag ba si Edrix sa mga pinagsasasabi ko. Baka mamaya kainin na naman siya ng katoperhan niya.

*Mapapahiya ako.*

**"Siguro. Pero kung nahihiya ka sa mga ligawan, magagawan natin yan ng paraan."** Pagkumbinsi ko.

**"Fine."**

Tumalikod siya sakin at naglakad na paalis. Nang mawala siya sa paingin ko, gusto kong suntukin ang sarili ko.

Hindi ko alam kung bakit ko tinulak na bigyan ng chance si Edrix? Paano na ngayon si Percy? Ako na mismo ang nagtulak palayo sa babaeng binabalikan niya.

*Naman kasi!*

Aminin ko man sa sarili ko o hindi, isa na rin si Yuri sa dahilan ko. Alam ko namang hindi niya mamahalin si Freya dahil siya na rin mismo ang nagpaparamdam sakin pero bakit nagkikita pa rin sila?

*Haizt! Bahala na si Batman.*

Tsaka na ko iisip ng paraan para kay Percy at Edrix. Sa ngayon sapat na pumayag si Freya na magbigay ng pagkakataon.

Natigilan ako ng may makita akong lalaking nakatayo sa dulo ng hallway. Malalim pa ang paghinga niya habang nakatingin sakin.

**"K-Keifer..."**

Napailing siya bago malalaki ang hakbang na lumapit sakin.

**"Uy, Sorry hindi—."** Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko dahil sa biglaan niyang pagyakap. **"T-teka lang."**

**"I'm worried as fvck."** Bulong niya. **"Akala ko may kumidnap na naman sayo kanina."**

Parang may humaplos sa puso ko. Hindi ko maiwasang hindi mapangiti. At sa lahat ng nangyari kanina, ngayon ko lang naramdaman ang pagod.

Kusang yumakap ang dalawang braso ko sa kaniya. **"Nanganak si Grace dahil samin. Premature ang baby."** Parang bata na sumbong ko. **"Natatakot ako kay Denzel."**

**"Sshh... Wala naman may gusto non."**

**"Nag-away kami ni Freya, dahil ayaw naming tumigil si Grace ang umawat samin. Ayun, pumutok panubigan niya. Tapos nanganak siya sa kotse sa tabi ng daan."** Napapikit ako ng maalala ang itsura ng baby. **"Ang liit ng anak nila."**

**"But I heard they are safe now. So you have nothing to worry about."**

**"Si Denzel, baka magalit yun sakin."**

**"Ako sasapak sa kaniya kapag nagalit siya."** Biro niya kaya mahina ko siyang hinampas sa likod.

Sinuklay-suklay niya ang buhok ko bago ako halikan sa noo. **"Don't think too much. We can talk to Denzel if he gets mad."**

Tumango-tango ako pero hindi ko pa rin maalis sa isip ko ang pwedeng kahinatnan ng nangyari. May karapatan siyang magalit dahil sa kapabayaan ko. Pero ayoko namang masira ang pagka-kaibigan namin.

Sinubsob ko ang muka ko sa balikat ni Keifer. Ang bango-bango ng amoy niya. Para akong hinahatak na singhutin ang halimuyak. Napaka-pamilyar sakin ng pakiramdam kaya hindi ko maiwasan.

**"Jay? Why are you sniffing my shirt?"**

Nagulat ako sa tanong niya. Nanlaki pa ang mga mata ko bago humiwalay sa kaniya at itulak siya.

*Counter attack.*

**"I-ikaw! Abusado ka! Hindi pa tayo okay ah!"**

Taka niya kong tinignan bago sumilay ang pilyong ngiti sa labi niya. **"Really? Okay then."**

Halata namang nang-aasar lang siya. Napa-irap nalang ako bago maglakad paalis. Balak kong puntahan si Grace pero hindi ko alam ang kwarto niya bukod don hindi ko pa naibabalik ang susi ng kotse ni Freya'ngot.

Naka-simangot akong humarap sa Hari ng mga Ulupong pero agad akong nabalot ng inis ng mapansin kong nakangiti pa rin siya.

**"Umayos ka. Susuntukin kita."**

**"What?"** Nakatawang tanong niya.

**"What-watin ko muka mo dyan."** Inis na sabi ko sabay irap. **"Alam mo ba kung saan room ni Grace?"**

**"VIP ward. 4th floor."** Mabilis niyang sagot.

Hinanap ko agad ang elevator para makarating sa 4th floor. Pero nauwi ako sa hagdan dahil sa buset ko sa lintik na hudas na Ulupong na to. Tuwing lilingon ako sa kaniya nakasilay ang pilyong ngiti niya.

**"Tumigil ka!"** Inis na sabi ko pero tinawanan lang niya ko.

*Bwisit!*

Hanggang sa makarating kami sa 4th floor ganun pa rin ang ginagawa niya. Lumapit ako sa Nurse Station at nagtanong. Mabilis naman nilang tinuro ang kwarto ni Grace at sakto naman dahil lumabas si Freya.

Agad siyang napatingin sakin pero lumipat yon sa lalaking nasa likod ko. Hindi ko maiwasang hindi makaramdam ng pagka-irita.

Napataas ang kilay niya at akmang lalapit ng iharang ko ang kamay ko habang hawak ang susi ng kotse niya.

**"Susi. Nakalimutan kong ibigay sayo."** Sabi ko habang nakapilit ng ngiti.

Tinitigan ako ni Freya bago kuhanin ang susi sa kamay ko. **"You're weird."**

Tumalikod na siya at lumakad paalis. Nang mawala siya sa paningin ko agad kong hinarap ang Hari ng mga Ulupong pero nakatutok na siya sa cellphone niya.

*Anong meron sa cellphone mong mamahalin?*

**"Papunta na daw sila Felix. Kasama niya—."** Hindi na niya natapos ang sasabihin ng makita akong nakatingin sa kaniya. **"What?"**

**"Anong what?"** Tanong ko.

**"Why are you looking at me like that?"**

Tsaka ko lang napagtanto na salubong pala ang mga kilay ko habang nakatingin ng masama sa kaniya.

Umiling ako. **"Wala."**

Mabilis akong naglakad papunta sa kwarto nila Grace bago pa siya makapag-salita. Kumatok muna ko bago buksan ang pinto. Pagpasok ko, bumungad agad sakin si Denzel na inaayos ang kumot ni Grace.

Napahinto ako ng maalala ang mga nangyari. Naglaro kagad sa isip ko ang pwede niyang sabihin at ang mga pwede niyang isumbat. Alam kong magagalit siya at dapat ko lang tanggapin yon.

Tinignan ko si Keifer at sinenyasan siyang maghintay muna sa labas. Tumango naman siya at sinara ang pinto.

**"D-denzel."** Tawag ko sa atensyon niya.

Lumingon siya sakin at tinignan ako. Agad siyang lumakad palapit sakin. Mabilis at malaki ang hakbang niya.

Akala ko sasapakin niya ko dahil sa pagtaas ng kamay niya. Napapikit ako pero agad ding dumilat ng maramdaman ko ang bisig niya.

**"Salamat Jay!"** Sabi niya at ramdam ko ang paghikbi niya.

Bumitaw siya at pinunasan ang mga luha. Napa-kurap-kurap naman ako dahil sa pagtataka. Hindi ko maintindihan ang pinagpapasalamat niya.

**"Denzel... Ayos ka lang?"** Nag-aalalang tanong ko.

Baka kasi nabaliw na siya sa sobrang galit sakin. Dapat ko na yatang tawagin si Keifer.

**"Oo, sorry."** Sagot niya at huminga ng malalim. **"Hindi ko alam kung paano ka pasasalamatan. Hindi mo iniwan si Grace hanggang sa manganak siya."**

**"P-pero nanganak si Grace ng dahil samin."**

**"Ang totoo, sinabihan na kami ng Doctor tungkol dyan. Kaya nagmadali si Grace na makabili ng gamit ng baby pero hindi ko naisip na ngayon araw na yon at sa labas pa ng ospital."**

**"Pero kahit na... Kung hindi kami nag-away ni Freya hindi siya manganganak ng maaga."**

Ngumiti sakin si Denzel. **"Hindi na mahalaga sakin yon. Basta ligtas ang mag-ina ko, ayos lang."**

Napahawak ako sa dibdib ko. Napangiti din ako sa kaniya. Alam kong sincere ang ngiti niya sakin. Nabawasan ang takot at lahat ng iniisip ko mula kanina.

Iba pala kapag pinatawad ka ng kaibigan dahil sa mabigat na kasalanan. Ganun din siguro ang naramdaman nila nung patawarin ko sila dahil sa pangloloko nila sakin non.

**"Wag ka madrama."** Dinig kong sabi ng kung sino.

Napalingon kami pareho ni Denzel kay Grace. Pamang-asar siyang nakatingin samin. Lumapit agad kami sa kaniya.

**"Kumusta pakiramdam?"** Tanong ko.

**"Ayos lang. Salamat sa pakiki-sigaw sakin."** Sabi niya at bahagyang tumawa.

*Paalala daw ba.*

Mas malakas pa nga yata ang sigaw ko habang nanganganak siya. Sobrang higpit kasi ng pagkakahawak niya sa kamay ko. Akala ko tuloy nabali na ang mga buto ko sa kamay.

Napalingon kami sa pinto ng makarinig kami ng pagkatok. Sunod na bumukas yon at pumasok ang dalawang nurse. Ang isa, tulak-tulak ang isang hospital crib na may naka-kabit na lamp. Ang isa naman may hawak na chart.

**"Eto na po si Baby."** Sabi ng isang nurse.

Inayos niya ang crib at sinaksaka ang lamp. Napapikit ako dahil sa liwanag at kulay ng pailaw.

**"Need po ni Baby mainitan at hindi po pwede bumaba ang temperature niya. Kaya po kailangan nasa ilalim siya ng lamp."** Paliwanag ng nurse.

Ang isang nurse naman, minonitor lang ng kung anong aparato si Grace tapos ay umalis na din.

Hindi pinalagpas ni Denzel ang pagkakataon at kinuha ang baby niya sa crib tapos ay nilapit kay Grace.

**"Hello, Grazel Jay."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 339

**A/N:** this past few days parang napapalayo ako sa pagsusulat. Hoping that I can get back to track sooner.

Naghihintay ang series ko!! 😂😂😂

**Ninong at Ninang**

***Jay-jay's POV***

**"Grazel Jay?"** Tanong ko.

**"Di ba sinabi na namin sayo na gagamitin namin ang pangalan mo?"** Tanong ni Denzel at tumango naman ako ng maalala ko.

*Oo nga pala.*

Nung nagpunta sila sa bahay kasama ng ibang mga Ulupong ng dahil lang sa pag-aalala. Binanggit na nga pala nila sakin yon.

**"Saan naman galing ang Grazel?"** Tanong ko ulit.

**"Grace and Denzel."** Sagot ni Grace habang inaayos ang pagkakabuhat sa baby.

**"Ang taray."** Komento ko.

Sinilip ko ang baby sa bisig niya. Mas malinis na siya ngayon kumpara kanina na balot ng kung anong tubig at kaunting mantsa. Maayos na rin ang kulay niya.

**"Gusto mo buhatin?"** Alok ni Grace pero nag-alangan ako.

Baka mabitawan ko siya o kaya mabali ang buto. Muka pa naman siyang babasagin. Para bang kapag namali ako ng hawak, ikapapahamak niya. Ayoko pa naman ng mga umiiyak na baby.

**"Okay lang Jay. Buhatin mo na. Mag-practice ka na."** Pang-aasar ni Denzel kaya tinignan ko siya ng masama.

**"Ano? Ano? May sinasabi ka?"**

Umiling lang siya habang natatawa. Binalikan ko ang baby at dahan-dahang inabot mula sa mga braso ni Grace. Tinuruan din niya ko kung paano ang tamang pagbuhat.

*Ang liit niya talaga.*

Bahagya ko siyang inugoy habang umaayos ng tayo. Napangiti ako ng makita kong gumalaw ang labi niya.

**"Bagay. Mukang magkakaroon na ng kalaro si Grazel."** Pang-aasar ulit ni Denzel pero hindi ko siya pinansin.

Pinagka-abalahan ko ang baby at sinimulan siyang kausapin.

**"Hello baby, ako ang Ninang mo."** sabi ko at narinig kong nag-react si Grace.

**"Sino namang may sabing Ninang ka?"** Pang-aasar niya.

*Matapos lahat ng paghihirap ko? Hindi ako Ninang?*

Bagay talaga silang mag-asawa. Paborito nila kong asarin. Kung hindi lang kapapanganak nito malamang binalikan ko na siya ng pambabara at pagmumura.

Pero bawal magsalita ng bad words ngayon. Baka marinig ni Baby at yun pa ang una niyang matutunan.

**"Sabi ni Denzel."**

**"Ninong sabi ko, hindi Ninang. Si Kit kaya yon."** Sagot naman niya.

Tinignan ko siya ng masama. **"Gusto mo turuan kong lumipad ang anak mo?"** Alok ko habang palapit sa bintana.

**"Hoy! Joke lang yon!"** Bawi ni Denzel at lumapit sakin.

**"Subukan mo lang!"** Banta naman ni Grace.

Akmang kukuhanin ang baby sakin pero tumanggi ako. Nag-e-enjoy pa ko sa pagbuhat sa kaniya. Basta wag lang siyang iiyak dahil baka ibato ko talaga siya.

Hindi ko namalayan ang oras dahil sa paglilibang ko habang hawak si Grazel. Hindi ko na din napansin na may mga pumasok na pala sa kwarto. Natigil lang ako ng makarinig ako ng humihikbi.

**"Nanganak na si Jay-jay. Hindi na ako ang baby niya."** Sabi ni Ci-N na nagpupunas ng pekeng luha.

*Sinong nanganak?*

Binatukan siya ni Calix. **"Paano manganganak si Jay-jay kung hindi pa naman siya nabubuntis?"**

Napangiwi ako. Andito na pala ang mga Ulupong at kumpleto sila. Kasama nila si Yuri na mukang maayos naman ang itsura.

Napatingin ako kay Keifer na simpleng nakangiti sakin habang parang may malalim iniisip. Napairap ako sa kaniya at agad tinignan si Yuri na nakasandal sa pader. Tipid na ngiti lang ang binigay niya sakin.

Hindi ko maiwasang hindi mag-alala sa ngiti niya na yon. Mas gusto ko talaga kung magkaka-usap kami ng mas matagal.

Ang mga Ulupong naman ang binalingan ko. Kita ko ang excitement ng mga luko sa hawak kong baby pero kinailangan ko na siyang ibaba dahil sa pagkangawit. Binalik ko siya sa crib sa ilalim ng lamp. Agad siyang nilapitan ng mga future Ninong niya.

**"Kamuka ni Denzel. Tapos na!"** Komento ni Eren at nagtawanan kami.

**"Baby! Wag kang lalaking maldita."** Sabi ni Mayo at binato siya ni Grace ng unan.

**"Pagnaglakad ka na, laro tayo. Marami akong laruan."** Sabi ni Ci.

**"Asan pusta mo Drew? Panalo ako! Babae anak nila!"** Sabi ni Rory at parang bula na naglaho si Drew.

**"Mas kamuka niya si Grace."** Mahinahong sabi ni Josh.

**"Hindi ko makita, lukot pa ang muka eh."** Sagot ni Edrix at mahinang natawa ang iba.

**"Sana ganito din ka-cute ang magiging anak namin ni Mica."** Matamis na sabi ni Calix.

**"Anakan na yan."** Pang-aasar ni Eman at agad naman siyang hinampas ni Calix.

Matapos asarin ang isa't-isa binalikan nila si Grazel Jay at kinausap.

**"Pagnagsalita ka, wag kang magmumura."** Bilin ni Felix sa baby at tumingin sila sakin.

Nawala ang ngiti ko kanina habang tinitignan sila. Inirapan ko naman sila bilang sagot at agad na nakakuha ng tawanan.

**"Wag ka rin sanang maging matakaw."** Dagdag ni Eman at lalong lumakas ang tawanan nila.

**"Hoy! Hindi ako ang Nanay niyan kaya bakit puro ganyan ang bilin niyo?"** Inis na sabi ko.

**"Baka mahawa sayo. Ang tagal mo siyang buhat."** Sagot ni Blaster at inambaan ko siya ng batok.

Nauwi sa asaran ang dapat sana ay pagdalaw nila sa mag-ina. Napilitan nga lang silang lumabas agad dahil pinagbawalan ng nurse ang maraming bisita. Bukod don kailangan na din ni Grace na padedehen si Grazel kaya agad silang nagtakbuhan paalis.

**"Labas muna kami."** Paalam ni Keifer at Yuri.

Hindi rin naman ako nagtagal at nagpaalam na din sa kanila. Humingi ulit ako ng sorry sa nangyari pero pagpapapsalamat ang paulit-ulit kong natanggap galing sa kanila.

Pagsara ng pinto napa-buga ako ng hangin. Nakaraos na din sa problema sa panganganak ni Grace. Buong akala ko talaga malilintikan ako kay Denzel.

Pero hindi dapat ako pakampante. Sa susunod talaga kaylangan ko nang maging maingat. Buhay ng mag-ina ang nalagay sa kapahamakan dahil sa katigasan ng ulo ko.

**"What are you thinking?"** Tanong ng kung sino na kinagulat ko.

*Anak ng pitungput puting tupa naman!*

Napahawak pa ko sa dibdib at bahagyang napa-atras. Nang makilala ko ang Hari ng mga Ulupong, agad ko siyang inambaan ng suntok.

**"Nagulat ako!"** Inis na sabi ko.

**"Saan? Sa pagmamahal ko?"** Tanong niya at mapang-asar na ngumiti.

Inis ko siyang tinignan. **"Alam mo minsan, iniisip ko kung paano ka masasapak."**

**"Sapakin mo ko ng halik."** Sagot niya at muntik ko ng hubarin ang sapatos ko para ibato sa kaniya.

Malakas na pagtawa lang naman ang sinagot niya sakin. Sunod-sunod ang naging pag-irap ko sa kaniya hanggang sa mapansin kong wala si Yuri na kasama lang niya kanina.

Ang ibang ulupong nakikipag-kwentuhan sa mga nurse. Halata namang nilalandi lang nila ang mga babae. Ang iba naman mukang nainip at umalis muna.

**"Asan si Yuri?"** Tanong ko kay Keifer.

**"May pupuntahan lang daw."** Sagot niya at nagpamulsa.

**"Babalik ba siya?"** Tanong ko ulit at napansin ko ang pag-iiba ng reaksyon niya.

**"Hindi ko alam."** Mahinahon niyang sabi pero ramdam kong may emosyon yon. **"You should stop worrying about him. Malaki na si Yuri, kaya na niya sarili niya."**

**"Pero tao pa rin siya at napapagod. Isipin mo naman sana ang kaibigan mo."** May halong inis na sagot ko.

Inis siyang tumawa. **"Why do I feel scared everytime you're worrying like this to Yuri?"**

*Anong ibig niyang sabihin don?*

**"Pwedeng wag ka munag magselos ngayon? Usapang kaibigan to. Kaibigan natin."**

Seryoso niya kong tinignan. **"This is more than jealousy, Jay. And how I wish this is really just a jealousy like what you think."** Huminga siya ng malalim. **"Kasi kung hindi, mababaliw ako."**

Gusto kong maki-usap sa kaniya. Hindi ko gusto ang iniisip niya. Nasasaktan ako. Buong akala ko nagbago na siya pero bakit parang wala pa rin siyang tiwala sakin? Bakit parang ang bilis pa rin niyang magselos at pag-isipan ako ng iba?

Akmang hahawakan niya ang kamay ko pero umiwas ako.

**"Hahanapin ko lang si Yuri. Meron lang akong itatanong."** Sabi ko at tumalikod na.

Napansin ko agad ang pagtitig sakin ni David pero pinili ko nalang wag pansinin.

Ginawa ko ang sinabi ko at hinanap si Yuri. Sa ground floor ko naisip maghanap dahil andon ang palabas ng hospital.

Hindi naman ako nabigo dahil nakita ko siyang palabas habang may kasamang—*si Freya*.

*Magkasama sila. Hindi to maganda.*

Agad ko silang sinundan. Mabuti nalang at hindi rin sila lumayo sa mismong building. Halatang nagtatalo sila at merong inaagaw na malaking puting sobre si Yuri. Halata namang ayaw pumayag ni Freya na ibigay ang bagay na yon.

Gusto kong marinig ang pinag-uusapan nila. At dahil nga kapag may gusto may paraan. Naghanap ako ng pwedeng idahilan para makalapit sa kanila at hindi mahalata na makikinig ako.

Napangiti ako ng makita ko ang isang matanda sa wheelchair. Wala siyang kasama kaya naman magandang pagkakataon. Bukod don mukang hindi rin siya makapag-salita.

Itinulak ko ang wheelchair palapit sa dalawa. Umarte akong kasama ng matanda at kuwaring pina-pasyal siya. Pumwesto ako malapit kila Yuri pero tumalikod ako sa kanila. Umarte din akong kinakausap ang matanda na halatang natatakot sakin.

*Pasensya na po talaga!!*

**"Itigil mo na to! This is not you!"** Galit na sabi ni Freya.

**"Tingin mo may choice ako? Kung hindi ko sila susundin? Saan ako pupulutin?"** Parang nagmamaka-awang sagot ni Yuri.

**"Fvck your family honor!"**

**"This is not just about the honor! This also about my Mother."**

**"Hindi nga ikaw yan!"** Parang maiiyak na ang boses ni Freya.

**"What's the point? Ano ngayon kung itapon ko ang buhay ko? And don't scold me about my life, when you throw your own life away."**

Napatakip ako sa bibig ko dahil sa gulat sa mga salitang lumabas sa bibig ni Yuri at narinig ko ding mag-react ang matanda. Nagtinginan pa kami na para bang pareho kaming hindi tanggap ang mga narinig.

*Tsismosa din tong matandang to.*

**"Yes, I did throw my own life. To you!"** Sumbat ni Freya. **"That's why I'm always here for you, because I know that fvcked up feeling. I'm trying to save the little part of you kahit ubos na ubos na ko."** Huminga siya ng malalim. **"But obviously, I'm just wasting my life, myself and my time trying to save someone that don't want to be save in the first place."**

**"Stop using me as an excuse Freya."** Mahinahong sagot ni Yuri. **"You choose to be like that. After our break up, Keifer tries to save you and he only ask to be loved back by you. Pero pinagka-itan mo siya."**

**"How dare you..."**

**"You ended up ruining your life because you wanted that. So, how will you save me when you're broken beyond repair."**

Gusto kong sumingit sa usapan nila. Totoo nga siguro ang mga sinasabi ni Yuri pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangang maging ganito kasakit.

*Ako ang nasasaktan para kay Freya.*

**"You're right. You're wasting your time with me. Because you should've focus on saving yourself from this misery."**

Narinig ko ang pagsinghot ni Freya at mahinang pag-iyak. Gusto ko na talagang umeksena pero napapatingin ako sa matanda na halatang nakikinig pa.

*Baka magalit dahil naputol ang eksena.*

**"I'm done with you."** Sabi ni Freya.

Parang gusto ko siyang palakpakan. Ginawa niya ang pinaka-masakit pero pinaka-matapang na dapat gawin sa isang relasyong nagkaka-sakitan lang naman, kahit wala naman yata silang relasyon.

**"You should be. While you still can, save yourself."**

Huminga ng malalim si Freya at bahagyang umubo. **"I did all those things before because I thought you would care but it turn out that I wasted my life for nothing."**

**"I always care for you. I'm just don't want you to know."** Mahinahong sabi ni Yuri.

**"But not the same way you care about her?"** Nagsimula na naman ang mahinang pag-iyak ni Freya.

**"Jay-jay is different."**

*Whut? Bakit ako nadamay?*

Parang lumaki ang tenga ko ng marinig ang pangalan ko. Kulang nalang idikit ko na sa kanila ang muka ko.

**"Why—?"**

**"Pinag-usapan na natin to. Just hand over the envelop."**

Tinapik-tapik ako ng matanda. Nang tignan ko siya meron siyang itinuro na babaeng may hinahanap. Mukang yun ang bantay niya.

**"I wish you wouldn't regret this."** Sabi ni Freya at meron akong narinig na papel at may plastic na tumama.

Mukang binato niya ang sobreng pinag-aagawan nila kanina. Wala na kong narinig na sumagot pa at mabibigat na yabag nalang.

Bahagya ko silang nilingon at nakita kong papalayo na si Freya. Aalis na sana ako para isa-uli ang matanda sa pwesto niya kanina pero narinig ko ang pagbulong ni Yuri.

**"I'm really sorry Freya."** Sabi niya at mabilis na naglakad papasok ng ospital.

Nakatitig lang ako sa likod niya. Sinaktan lang ba niya si Freya para palayuin sa kaniya? Ano ba kasi ang laman ng sobre na yon at pinag-aawayan nila? Kamukha pa naman ng bagahe ng online shoping.

**"Hoy! Anong ginagawa mo sa Lola ko!"** Sita sakin ng isang babae.

Nanlaki ang mga mata ko at agad binitawan ang wheelchair.

**"Lola mo ba to? Akala ko Lola ko. Kaya pala hindi ko kamuka."** Sagot ko at agad umalis ng makalapit na siya sa matanda.

Babalik na sana ako sa loob ng marinig ko ang pangalan kong tinatawag ng kung sino. Napatingin ako sa grupo ng mga istudyanteng papalapit. Agad ko naman silang sinalubong ng makilala ko sila.

**"Jay-jay."** Bati sakin ni Mica. **"Kumusta si Grace?"**

Ngumiti ako. **"Okay naman. Pati ang baby."**

**"Anong gender?"** Tanong ng isang kaklase nila.

**"Babae."** Sabi ko at kita ko ang tuwa sa kanila.

Agad na nag-aya ang iba sa kanila na puntahan na si Grace pero kumontra naman si Ella.

*Nagsalita ang batas.*

**"Hintayin na natin si Aries. Nag-park lang siya ng kotse."** Sabi niya na may kasamang pagtataray pero hindi pa man nagtatagal ng tumunog ang cellphone niya.

Kita ko ang pagsibangot niya habang binabasa ang message para sa kaniya. Parang hindi maganda ang laman ng message. Feeling ko tuloy bubuga siya ng apoy anytime.

**"Let's go. Susunod nalang daw siya."** Sabi niya at tinalikuran na kami.

*Topak.*

Nagtinginan kami ni Mica pero sumunod na rin kami kagad. Sa elevator kami dumiretso. Mabuti nalang at walang ibang sakay at sumakay kaya solo namin sa loob. Habang hinihintay bumukas umakyat sa tamang floor panay ang tanong nila kay Ella na halatang naiirita na.

**"Parang nakita ko si Freya kanina. Nakita kaya siya ni Aries?"** Sabi ng isang kasama nila.

**"Ano naman kung magkita sila?"** Sagot naman ng isa pa.

**"Wala lang. Kasi di ba si Aries madalas nag-aasikaso kay Freya?"**

**"Muka nga silang may something."** Biglang sabi ng isa na nasa likod naming lahat.

**"Shut up!"** Singhal ni Ella kaya tumahimik siya.

*Is dat selos?*

Gusto ko siyang pagtawanan. Karma ang tawag ko diyan. Naiinis din naman ako sa kaniya kapag may nakaw na sulyap siya sa Hari ng mga Ulupong. Kaya ngayon, pagtatawanan ko siya.

Pagbukas ng pinto ng elevator nagpa-una pa ang luka sa paglabas. Napataas agad ang mga kilay ng mga Ulupong ng makita siya.

**"Baby!"** Bati ni Calix kay Mica.

*Tiyanak!*

Agad namang yumapos si Mica sa Ulupong niyang jowa. Gusto ko sanang magpaka-bitter sa kanila pero mas na-e-enjoy kong pagtawanan si Ella.

**"Bakit ngiting-ngiti ka diyan?"** Tanong sakin ni Ci-N.

**"Wala... Meron lang akong nakitang nakakatawa."** Sagot ko at tinignan niya ko na parang nawawala na ko sa sarili.

Hindi ko nalang siya pinansin at sumandal nalang sa pader sa tabi niya. Hinayaan muna naming pumasok sa loob ang mga dating kaklase ni Grace.

Napatingin ako sa kabilang dulo ng hall ng mapansin sila Keifer at Yuri na parang may seryosong pinag-uusapan. Hindi ko makita ang puting envelope na hawak niya kanina.

**"Busy sila."** Sabi ni Ci ng mapansin niyang nakatingin ako sa dalawa. **"Kanina pa yan, pagbalik ni Yuri."**

**"Tingin mo seryoso ang pinag-uusapan nila."**

**"Oo, lumayo eh. Siguro merong something."** Inosenteng sagot niya.

*Anong something?*

Napatingin ako bigla kila Kit at Mayo na parang malapit ng magtalo.

**"Gusto ko nga ng baby."** Pagpipilit ni Mayo.

**"Mag-aral ka muna. Akala mo naman may ibubuhay ka sa bata."** Inis na sagot ni Kit.

*Ganyang something?*

**"Ay hindi!"** Mabilis kong protesta.

Napabalikwas pa si Ci-N at Felix na nasa malapit lang sakin. Pati ibang Ulupong napatingin din sakin.

**"B-bakit?"** Sabi ni Kit ng mapansin nilang sa kanila ako nakatingin.

Napalingon naman ako sa kanilang lahat. Hindi ko alam ang isasagot. Alangan namang sabihin ko na may iniisip akong hindi maganda kay Yuri at Keifer.

*Isip ng sagot. Dali!*

**"H-hindi pa kayo pwedeng mag-anak. Aral muna."** Sagot ko at napataas naman ang kilay ni Mayo.

**"Wow, salamat sa concern."** Sarcastic na sabi niya.

Tumango-tango nalang ako kahit halatang nawi-wirduhan sila sakin. Bumalik ako sa pagkakasandal sa pader sa tabi ni Ci. Nanlalaki pa ang mata niya sakin.

**"Jay-jay? Ayos ka lang di ba?"** Takot na tanong niya sakin.

Inambaan ko siya ng suntok. **"Umayos ka nga dyan."**

Mahina siyang tumawa. Binalik ko ang tingin kila Keifer. Mukang mahaba-haba ang usapan nila. Hanggang lumingon siya sa gawi namin at salubungin ang tingin ko. Naging malungkot ang mga mata niya bago harapin ulit si Yuri.

Pakiramdam ko tungkol pa rin to sa mga sinabi niya kanina. Napakagat ako sa ibabang labi ko.

*Wala pa rin siyang tiwala.*

Hindi nagtagal ng lumabas sila Mica mula sa kwarto. Naiwan si Ella sa loob kaya naman malakas ang loob ng mga kasama nila na pag-usapan siya.

**"Ang init ng ulo."** Sabi ng isa habang natatawa. **"Nagseselos talaga yon kay Freya."**

**"Hindi lang kamo talaga niya matanggap na kahit sila ni Aries, si Freya pa rin ang reyna."** Dagdag ng isa habang patuloy sila sa paglalakad.

**"Bitter."** Komento ng isa bago sila tuluyang maka-alis.

Kung kanina natatawa ako sa pag-seselos ni Ella ngayon parang hindi na. Hindi ko talaga gusto ugali ng mga kaklase nila.

Napatingin ako kay Mica na kasalukuyang nakayakap kay Calix. Batid ko ang nararamdaman niya sa sinasabi ng mga kaklase nila kay Ella. Hindi lang talaga niya gawain na magsalita laban sa iba pero alam kong gusto din niyang sumagot.

Matapang naman si Ella kaya alam kong kayang-kaya na niya ang mga kaklase niya. Maswerte talaga ako at napunta ako sa Section E. Kahit lagi nila kong inaasar lagi naman nila pinapa-ramdam na andyan lang sila para sakin.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 340

**A/N:** Miss ko na mag-UD at magsulat. Stress is taking me away from writing. Tapos my migraine pa, sana makapag-sulat na ko ng maayos.

**Happy Birthday!**

Ramla Ebrahim
Tracy Nicole Lopez

**SHOUTOUT**

Jiff Ian Villanueva
Prince

**Aries & Freya**

***Jay-jay's POV***

Kung kanina malikot ang mata ko at tingin ng tingin kung saan, ngayon naman nakatitig lang sa isang bahagi ng pader sa harap ko at hindi kumukurap.

*Masama. Wag kukurap.*

**"I'm asking you."** Mahinahon pero may diing tanong ni Aries.

Pasimple akong tumingin sa kaniya at nasalubong ko ang masama niyang tingin. Muntik na kong maging bato.

**"Text ba ng matinong tao to? Tao ka ba?"** Iritang tanong niya.

Tipid akong tumango at hindi na nakatiis na kumurap. Naguguluhan ako sa asta niya. Maayos naman ang text message ko kahit hindi nila naintindihan pero eto siya at galit na galit sakin.

**"What country are you from? I don't think this words are from earth."** Sermon niya at hinarap pa sakin ang screen ng cellphone kung nasan ang message ko. **"Alien ka? Alien ka?"**

Umiling ako at napayuko. Grabe naman ang reaksyon niya sa text message ko. Akala mo naman sumpa ng chain message ang pinadala ko sa kaniya tapos hindi niya naipasa sa sampung katao.

*Walang sumpa ng kapalaran yon.*

**"Sabagay, kamuka mo nga pala si Kokey."** Sabi niya bago ibalik ang cellphone sa bulsa.

Matalim niya kong tinignan bago maglakad paalis at pumasok sa kwarto ni Grace. Napatingin ako kay Ci-N at Felix na pasimple akong pinagtatawanan. Alam kong natutuwa silang panoorin akong kinagagalitan ng kapatid kong Horoscope.

Inirapan ko sila bago lumapit kay David at sumandal sa pader na sinasandalan din niya.

**"Galit na galit?"** Tanong niya sakin.

Umiling ako. **"Medyo lang. Hindi kasi niya naipasa ang chain message sa sampung katao, natatakot siyang masumpa."**

Bahagya siyang tumawa. **"Naniniwala siya don?"**

Napanguso ako bago tumango. **"Ganun talaga. Manghuhula ng kapalaran yon eh."**

Ang mahinang pagtawa niya ay naging malakas. Napa-iling-iling pa siya na parang bentang-benta sa kaniya ang joke ko.  Kung wala lang ibang gusto tong isa na to iisipin kong may crush siya sakin.

*Buti nalang talaga.*

**"Kokey..."** Parinig ni Ci habang natatawa.

Napatingin ako sa kaniya at ganun nalang ang inis ko ng mapansin ko ang mga muka nilang nang-aasar. Kasama pa niya sa pagtawa si Eren, Felix at Rory.

**"Problema niyo?"** Inis na tanong ko.

**"Kamuka mo pala si Kokey?"** Sabi ni Felix at tumawa.

Kuwaring hinawi ko ang buhok ko. **"Yes, kamuka ko si Kokey. May kamuka akong artista. Panis!"**

Naging malakas ang tawanan nila. Naki-tawa na din si David at iba pang Ulupong malapit samin. Hindi ko tuloy maiwasang mainis. Para bang napag-t-tripan na naman ako ng hindi ko alam.

**"Do you know what Kokey looks like?"** Tanong ni David.

Umiling ako. **"Ang nasa isip ko maganda, artista daw eh."**

Mas lumakas ang tawanan nila. Kulang nalang gumulong na sila sa sahig sa sobrang tuwa nila.

Kinuha ni David ang cellphone niya at nagpi-pindot. Humabol pa siya ng tawa bago iharap sakin ang screen ng cellphone niya. Ang walang ilong at kilay na kalbo at may kakaibang mata na bata ang bumungad sakin. Tinitigan ko pa siya bago naging malinaw sakin....*isa siyang Alien.*

**"Sino yan?"** Tanong ko.

**"That's Kokey."** Sagot niya.

*What? Kamuka ko yan?*

**"Seryoso? Si Kokey yan?"** May inis na tanong ko.

Hindi ko alam kung iniinis lang ba nila ko o kung totoo man, hindi ko matatanggap na kamuka ko yan.

*No offense Kokey.*

**"Learn to use Google Jay."** Pahabol ni David bago itago ulit ang cellphone.

Salubong na salubong ang kilay ko sa galit. Hindi ako makapaniwalang matagal-tagal akong nalinlang ng kapatid kong Horoscope. Nagbabasa pa man din siya ng kapalaran tapos niloloko niya ko, paano siya bebenta niyan?

*Putarages na yon!*

Agad akong lumapit sa pinto ng kwarto ni Grace. Halukipkip akong naghintay sa paglabas ng tukmol na yon.

**"Jay?"** Tawag sakin ni Keifer.

**"Whaaat?"** Pabalang kong sagot.

**"What are doing?"**

**"Hinihintay ko ang kapatid kong taga-basa ng kapalaran."**

Bahagya siyang tumawa. **"Should I expect a war?"**

**"Boxing ang abangan mo!"** Inis na sagot ko.

Hindi naman nagtagal at bumukas ang pinto ng kwarto. Akmang lalabas na si Aries at Ella pero napahinto sila ng makita kami. May halong inis akong tinignan ng kapatid ko kahit bakas ang pagtataka.

Napansin ko kagad ang pagtingin ni Ella sa Hari ng mga Ulupong. Mabuti nalang at agad siyang umiwas ng maramdaman ang masama kong tingin.

**"Umuwi na tayo."**

**"Mag-usap muna tayo!"** Inis na sagot ko sa Horoscope.

**"Ano na naman?"**

**"Sinabihan mo kong kamuka ko si Kokey!!"** Singhal ko. **"Alien si Kokey!"**

Bigla nalang silang nagtawanan ng malakas. Pati ang tukmol na kumag na demunyung Hari ng mga Ulupong tumawa rin ng malakas. Aliw na aliw sakin ang walanghiya. Sandali ko siyang inirapan bago harapin ulit ang kapatid ko.

**"Hindi ka ba nanonood ng Tv? Kahit grade school na hindi yun naabutan kilala yon."** Sabi ni Ella habang napapailing.

**"Hindi ako nanonood ng drama!"** Inis na sagot ko.

*Pang-hapong anime lang ako.*

**"Ayaw mo non may kamuka kang sikat. You should be proud."** Pang-aasar pa ni Aries.

Mabilis na nanlaki ang butas ng ilong ko. Kulang nalang bumuga ako ng apoy dahil sa galit.

Aaminin ko naman, naging proud din ako hanggang sa malaman ko ang itsura ni Kokey at isa pala siyang Alien na naka-hood na pula.

**"Ang sama mo!"** Maiyak-iyak na sigaw ko.

Panay pa rin ang tawa nila sakin kahit inis na inis na ko. Masaya pa silang panoorin akong naghihimutok.

**"At least your looks are out of this world."** Dagdag pa ng walang hiyang Keifer at mas lalo akong nainis. **"I'll call you Miss Universe."**

**"Miss Universe ka dyan!"** Reklamo ko at sisipain sana siya pero nakalayo na siya.

Hindi ako natutuwa sa pant-trip nila sakin. Nagtulong-tulong pa sila. Akmang maghuhurumintado na ko ng mag-ring ang cellphone ng kapatid ko.

Sinagot niya yon at sandali siyang tumingin sakin bago mag-salita.

**"Oo, pauwi na rin kami. Kasama ko siya."** Sabi niya at nagpaalam bago patayin ang tawag. **"Pinapa-uwi na tayo ni Kuya."**

*Dapat na ba kong magpahanda ng kwarto sa ospital?*

**"P-paalam lang ako kila Grace."** Sabi ko at tumabi naman sila para makapasok ako.

Magkatabi si Grace at Denzel habang nag-uusap. Nasa hospital crib naman si Baby Grazel Jay. Lumapit ako sa kanila para magpaalam.

**"Gorabels na kami. Nagtatawag na si kamatayan."** Sabi ko at mabilis na napangiwi si Grace.

Natawa naman si Denzel habang napapa-iling. **"Jay, wag mong tuturuan si Grazel ng ganyang salita please."**

**"Matagal pa naman bago siya matuto."** Nilapitan ko si Grazel at ngitian. **"Uwi na si Ninang. Dadalawin kita ulit."**

Mahimbing na mahimbing ang tulog niya. Parang manika na binalutan ng kumot. Ang sarap niyang ilagay sa bag at iuwi. Sure akong kasya siya sa bag ko dahil malaki ang space nito. Walang makakapansin sa laman.

*Next time itatakas ko siya.*

Hinarap ko ulit ang mag-asawa at nagpaalam na ng tuluyan bago sila talikuran. Paglabas ko si Keifer kumag nalang ang naghihintay sakin.

**"They will wait for you at the parking."** Sabi niya.

Tumango naman ako bago maglakad paalis. Nagpaalam na din ako sa mga Ulupong. Napapailing pa si David habang natatawa kaya napairap ako sa kaniya bago tuluyang umalis.

Nakasunod lang sakin ang Hari. Hindi ako mapakali habang nasa loob ng elevator. Dalawa lang kami at hindi ko maiwasang hindi maalala ang mga pangyayaring may kinalaman sa elevator.

*Baka mamaya—*

Bigla nalang may kumalabit sakin. **"Wag mo kong hawakan!"** Sigaw ko at mabilis na sumipa pataas.

Agad na napasigaw ang mga taong papasok sana ng elevator. Nurse, Doctor at pasyente na pare-parehong napalayo sakin. Agad kong binaba ang paa ko at hinanap si Keifer na nakasiksik sa sulok ng elevator para lang maka-iwas sa sipa ko.

**"B-bakit ka nanga-ngalabit?"** Mahinahong tanong ko.

**"Andito na, labas na tayo."** Sagot niya habang nakaturo sa labas ng elevator.

*Walang tayo.*

Alanganin akong ngumiti sa mga naka-abang samin na lumabas. Mahina akong humingi ng pasensya habang naglalakad sa harap nila. Nang makalagpas binilisan ko na ang lakad at halos tumakbo na palabas ng ospital.

Naririnig ko ang mahinang pagtawa ng walang hiyang kumag mula sa likod ko. Hinarap ko siya at akmang hahampasin pero nasalag agad niya ang kamay ko.

**"Tuwang-tuwa ka no? Kasalanan mo pero ako ang napahiya!"** Sigaw ko sa kaniya.

**"Kinalabit lang kita. Masyado kang tense."** Mapang-asar niyang sagot.

Pinanlakihan ko siya ng mga mata. **"Bakit ka nga ba kasi nangangalabit?! Pwede mo naman akong tawagin!"**

**"I called your name but you're too occupied."**

**"Kasi nga!"**

**"What?"**

Sandali akong nag-isip. Naubusan ako ng isasagot sa kaniya.

*Isip!*

**"Kasi marami akong iniisip!"** Sagot ko at agad siyang tinalikuran.

Tuloy-tuloy akong naglakad papunta ng parking. Paminsan-minsan kong hinaharap ang bwisit na Hari dahil sa mga simpleng pang-aasar niya. Malapit-lapit na kong manapak dahil sa inis.

Hanggang sa makarating kami sa parking hindi pa rin niya ko tinitigilan. Binalak ko pang alisin ang bag ko at ihampas sa kaniya. Dinuro ko siya sa huling pagkakataon pero bago pa ko makalayo bigla nalang siya sumeryoso at hinablot ako papunta sa gilid ng isang itim na Hiace.

Sisigawan ko sana siya pero tinakpan niya ang bibig ko at sumenyas ng silent. Pinandilatan ko siya ng mga mata para bantaan. Natigilan ako ng marinig ko ang boses ni Ella.

**"Di ba totoo? Kaya hindi ka makasagot!"** Galit na sabi niya.

**"Matagal ko ng sinagot ang tanong mo tungkol samin ni Freya! I have nothing to say or to explain!"** Inis na sagot ng kapatid ko.

Mukang matindi-tinding LQ. Hindi ko maiwasang hindi makinig sa issue nila. Ngayon ko lang sila makikitang mag-away. Dapat yata bumili muna ako ng popcorn.

*I-video ko kaya?*

**"Bakit ayaw mong sabihin sakin ang pinag-usapan niyo kanina?"**

**"Ella! Understand the word respect! What we've talk about is a personal matter to Freya! Kabastusan kung sasabihin ko yon sa iba matapos niya ko pagkatiwalaan!"** Galit na sagot ni Aries.

**"Hindi naman ako ibang tao sayo! Why can't you trust me?!"**

**"This isn't about my trust to you but respect to Freya's privacy. Ako nga yata ang dapat ang magtanong sayo niyan."** Mahinahon pero may diin na sagot ng kapatid kong Horoscope.

Aaminin ko sang-ayon ako sa sinabi niya. Kung hindi talaga pwedeng alamin, wag pilitin.

**"Can you blame me? Lahat ng mga kaklase natin napapansin ang pag-aasikaso mo kay Freya. Tapos nauungkat pa ang pagiging mag-ex niyo."**

**"Nagpapa-ikot-ikot nalang tayo. Uulit-ulitin ko ba? Hindi naging kami! Whatever rumors that spread about us, is not true!"**

Tinignan ko si Keifer na may pagtatanong pero mukang pati siya naguguluhan din sa narinig. Ang buong akala ko talaga naging sila dahil sabi ni Rakki dati nahuli niya ang dalawa sa kwarto tapos sinabi ni Freya na pinag-pasa-pasahan siya ng magka-kaibigan.

**"Edi sige hindi na kayo! Pero bakit ganyan ka pa rin sa kaniya? Bakit parang sobra-sobra ang pag-aalala mo sa kaniya? Bakit inaalala mo siya na parang siya ang girlfriend mo?"** May halong pagmamaka-awang sabi ni Ella.

Malakas na nagbuntong hininga si Aries. **"Freya. Is. Nothing. But. A. Friend."** Mabagal na sagot niya.

Wala na kong narinig na nagsalita sa kanila. Halos sabay kami ng Hari ng mga Ulupong na sumulip. Wala na ang dalawa kaya naman nakalabas na kami mula sa pinag-tataguan.

Agad kong hinarap ang kasama ko. **"Hindi naging sila?"**

**"I-i don't know."** Bahagya siyang lumayo dahil sa paglapit ko. **"As far as I know naging couple sila."**

*Pero tinanggi ng Horoscope kong kapatid.*

Pwede ring itinanggi niya para lang patahimikin ang jowa niyang hilaw. Pero hindi ugali nong patungan ng panibagong kasinungalin ang sariling kalokohan.

Kung nagsasabi siya ng totoo, ano yung nakita sa kanila ni Rakki dati? Prank?

**"Whatever you're thinking don't act impulsively."** Sabi ni Keifer at ng tignan ko siya salubong ang kilay niya at para bang inaakusahan ako.

**"Wala naman akong iniisip na gawin!"** Sagot ko sabay irap.

Naglakad nalang ako at hinanap ang kotse ng kapatid kong madrama. Naka-ilang ikot na yata ako sa parking bago ko nahanap ang sasakyan niya.

Naka-abang ang dalawa at halatang may LQ pa rin. Sandali akong nagpaalam sa tukmol na Ulupong bago patakbong lumapit sa dalawa. Sumakay agad kami para maka-alis na.

Habang nasa byahe parang may paligsahan ng '*walang maingay, may pektos ang talo*' dahil sa sobrang tamihik ng dalawa. Hindi ako mapakali sa katahimikan nila at parang kumukulo ang tyan ko.

*Gusto kong umutot.*

Pakiramdam ko tuloy kasali ako sa paligsahan. Meron kayang premyo?

Hanggang sa maihatid namin si Ella sa bahay nila wala pa rin kibuang nangyari. Naka-pasok na siya sa bahay nila pero ganun pa rin si Aries. Wala na nga sana akong balak magtanong kundi lang kinuha ni Aries ang cellphone niya at may tinawagan.

**"Nakauwi ka na ba? Magpahinga ka at wag kang gagawa ng kahit na anong ikapapahamak mo."** Sabi niya sa kausap niya.

*Meron siyang kabit!!*

Napatakip ako sa bibig ko habang gulat na gulat na nakatingin sa kaniya. Hinintay kong matapos ang usapan nila. Nang ibaba niya ang cellphone niya nilapit ko ang muka ko sa kaniya.

**"Isa kang taksil!"** Sigaw ko at agad siyang napalayo.

**"What the fvck?!"** Galit na sagot niya sakin.

Agad akong lumipat ng upuan sa tabi niya. Hindi na ko lumabas ng kotse para gawin yon. Sumiksik nalang ako sa pagitan ng dalawang upuan.

**"May Ella ka na tapos may tinatawagan ka pang bago! Taksil! Lapastangan! Talipandas!"** Dinuro-duro ko pa siya sa muka.

**"What? Where did you get that?"** Maang-maangan niya.

**"Isa kang kahihiyan sa ating lahi—!"** Bigla nalang niya kong binatukan. **"Aray naman!"**

**"Wala akong maintindihan sa sinasabi mo!"**

Nakahawak ako sa batok ko habang mangiyak-ngiyak na nakatingin sa kaniya.

**"Kingina ka! May jowa ka na di ba? Sino pa yang tinatawagan mo?"** Inis na tanong ko.

Huminga siya ng malalim para makahinahon. Sinimulan din niyang paandarin ang kotse paalis. Nang tignan ko siya seryoso siyang nakatingin sa daan.

*May kabit talaga siya?*

**"Kabit mo talaga yon? Two timer ka?"** May halong dismasyang tanong ko.

**"Hindi. That was Freya. Siniguro ko lang na okay siya."** Sagot niya.

**"B-bakit? May nangyari ba?"** Kuwaring walang alam na tanong ko.

Dapat akong bigyan ng award sa pag-arte ko na to. Gusto ko yung ginto tapos maiiyak ako kapag tinanggap ko. Gusto ko ng *Grammy Award*—binibigay sa mga magagaling sa grammar.

**"Something like that."**

**"Mukang hindi maganda. Hindi ka naman nag-aalala ng ganyan."** *Hindi ka din ganyan sakin.*

Napanguso ako sa naisip ko. Alam ko namang bumabawi na siya sakin pero may mga pagkakataon talaga na kapag nakikita kong iba ang trato niya sakin at sa iba hindi ko maiwasang hindi pagkumparahin.

**"Parang ganun na nga."**

**"Mahalaga siguro sayo si Freya."** Halos pabulong kong sabi.

Bahagya siyang tumawa. **"Dati ko talaga siyang crush."**

Muntik na kong masamid sa sarili kong laway. Proud pa talaga siyang sabihin yon sa harap ko.

Pero mukang eto na ang tamang panahon para maging malinaw ang totoong namamagitan sa kanila. Kung naging sila ba talaga o tsismis lang kagaya ng sinabi niya.

**"Niligawan mo siya?"** Initrigang tanong ko.

Umiling siya. **"Crush lang."**

**"Crush lang?"** Pag-uulit ko.

**"Crush lang."** Kaswal na sagot naman niya.

**"Crush lang talaga?"**

**"Crush lang talaga."**

**"Crush back?"**

**"Walang crush back."**

Nanlaki ang butas ng ilong ko. **"Hindi naging kayo?"**

Umiling siya. **"Hindi."**

**"Hindi talaga?"**

Sandali siya nag-isip bago muling magsalita. **"Well, muntik na. But I stop because I saw the broken side of her."**

*Whut? Muntik na?*

**"Paanong muntik na?"** Intrigang tanong ko.

Tsismosa na kung tsismosa pero eto na ang pagkakataon ko para masagot ang mga tanong. Gusto ko ng malinawan sa mga nangyayari sa kanila dahil naiipit ako. NAIIPIT AKO!

**"Well... One time we..."** Bahagya siyang umubo. **"We... Almost..."** Parang hirap siyang sabihin. **"You... know... when people get drunk and things turn... Something like... That leads us to a room... And we remove our clothes—."**

**"Aries ang halay mo!"** Putol ko sa sasabihin niya.

Sandali niya kong tinignan ng masama. Mabuti nalang at umaandar ang kotse, kundi natunaw na ko ng masama niyang tingin.

May kutob akong ang tinutukoy niya ay ang nakita ni Rakki dati. Pero mukang walang nakaka-alam na hindi natuloy yon kagaya ng sinasabi ng kapatid kong hinihintay ang paglinya ng mga bitwin.

*Twinkle twinkle little star.*

**"You already know what I mean. Basta ang punto ko hindi naging kami."** Sabi niya at tumango-tango naman ako.

**"Tapos naging bestfriend kayo?"**

**"Hindi agad. But I manage to be. Sa ganung paraan ko lang matutupad ang bilin ni Percy."**

Taka akong napatingin sa kaniya. **"Bilin ni Percy?"**

Huminto ang kotse at tipid siyang ngumiti sakin. **"Bago siya mawala non, binilin niya ang pamilya niya at si Freya samin. Sadly I can't fulfill the first one so I tried the second one."**

Hindi ko maiwasang hindi malungkot sa sinabi niya. Hindi siya makakalapit sa pamilya nila Felix non kaya paano niya susundin ang bilin ng kaibigan nilang may buntot na ipo-ipo.

**"Hindi ako si Percy, pero salamat sa ginawa mo. Mukang ikaw lang ang tumupad ng bilin niya."**

Malungkot ang mga mata niya habang nakahawak pa rin ang isang kamay sa manibela.

**"Sana nga nagawa ko. But seeing Freya ruining herself makes me feel that I failed."** Napailing siya. **"Dying to be with a man that she will never have."** Inis siyang tumawa. **"Muntik pa siyang mabuntis."**

Nanlaki ang mga mata ko. Muntik na siyang mabuntis ni Yuri? Anong bang ginagawa nila? Hindi ba sila nag-iisip? At anong nangyayari kay Yuri?

*Bakit parang hindi na kita kilala? O hindi talaga kita kilala?*

**"Hindi ko alam na magagawa ni Yuri ang mga ganung bagay."** Halos pabulong kong sabi.

Tinignan ako ni Aries. **"Anong expect mo? Hindi santo si Yuri."** Sabi niya at binuksan ang pinto ng kotse para bumaba.

Sumunod ako sa kaniya at dun ko lang napansin na nakauwi na pala kami. Masyado akong naging abala sa pinag-uusapan namin hindi ko nakita ang paligid.

Halos magkasunod kaming pumasok sa loob. Hindi pa man ako nakakalayo sa pinto ng marinig ang kulog na boses ni Kuya Angelo.

**"Where the hell have you been?!"** Napahinto ako at napatingin sa kaniya. **"At anong lengwahe tong text mo?! Alien?!"**

Alam ko na ang susunod na mangyayari. Kailangan kong iligtas ang sarili ko.

*Ninja moves: TAKBO!*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 341

**A/N:** Dalawa lang muna...
Maraming salamat sa paghihintay ng UD kahit matagal. Maraming salamat din sa pagmamahal sa AMNSE.

Maraming salamat din sa mga gumawa ng kanta para sa AMNSE.

**Kyle Antang**

**Ayradel**

This talented kids deserves a lot of subscribes and share.

Wag niyo kami kakalimutan kapag sikat na kayo!!!

**Ligaw**

***Jay-jay's POV***

Naiiyak ako. Gusto kong umiyak ng malakas. Malakas na malakas tapos ngangawa ako ng parang sanggol.

*Mas malakas sa iyak ni Baby Grazel.*

**"Kita mo yan?"** Tanong ni Kuya Angelo habang nakaturo sa isang pangalan ng tindahan. **"'Happy Bread' ang basa dyan."**

Dinig ko ang mahinang pagtawa ni Aries kaya napa-nguso ako.

**"Yan! 'On sale' ang basa dyan!"** Dagdag pa ni Kuya habang nakaturo sa isang billboard na may nakalagay na Sale para sa isang clothing line.

**"Alam ko naman basahin."** Halos pabulong kong sagot.

**"Alam mo? Amazing! Kailan ka pa natuto ng lengwahe namin? Matagal ka na ba dito sa planet earth?"** Mapang-asar na tanong niya at malakas na tumawa ang kapatid kong horoscope.

**"Kuya naman!"**

**"What?"** Inosenteng tanong niya.

**"Akala mo lulusot yang kalokohan mo."** Parinig pa ni Aries.

**"Alam ko kasing hindi kayo papayag."** Mahina kong sagot.

**"Narinig ko na yan kagabi. And I'm giving you the same answer. Still unsafe Jay, unsafe."**

Hindi na ko sumagot at pinili nalang manahimik. Lalo lang iinit ang ulo ni Kuya Angelo sakin. Baka magkaroon pa ng continuation ang sermon kagabi. Kung pwede lang sanang palit pagkain ang bawat sermon niya, edi sobrang saya ko.

Pagdating namin sa school, nagpahabol pa siya ng banta bago ako hayaang lumabas ng kotse.

**"Jay, magtino ka!"**

Mabilis kong binuksan ang pinto ng kotse at kulang nalang tumakbo ako papasok ng school makalayo lang ako sa kanya.

*Tama na! Dumudugo na tenga ko sa kakasermon ni Kuya!*

Aminado naman akong makalokohan ako pero may maganda naman akong dahilan minsan. Alam ko din kasing wala silang tiwala sakin o kaya hindi nila ako papayagan kaya kinakailangan kong gumawa ng mga dahilan at kakaibang paraan.

Madalas tanggap nalang ako ng tanggap ng sermon ni Kuya. Kayalang nakakapagod din pala kapag sobra na. Sobra-sobra din ba ang kalokohan ko para maging sobra-sobra ang sermon niya sa mismong muka ko?

Natigilan ako sa paglalakad ng may humarang sa harap ko. Sandali pang nabunggo ang muka ko sa dibdib niya.

**"Esushme!"** Sabi ko at akmang iiba ng daan pero humarang na naman.

Agad ko siyang tiningala at tinignan ng masama pero isang labi ang sumalubong sakin. Mabilis akong umiwas pero nahagip pa rin ang noo ko. Agad akong lumayo at hinanda ang kamao kong isapak sa muka ng Hari ng mga Ulupong.

**"Siraulo ka ba?"** Inis na tanong ko pero matamis na ngiti ang sinagot niya sakin. **"Wag mo kong idamay sa kabaliwan mo ah?"**

**"Good morning too."**

Matalim ko siyang tinignan. Hindi ko gusto ang tabas ng ngiti niya. Para bang meron siyang gagawing kalokohan. Muntik na niya kong mahalikan pero nabigo siya kaya malamang na may kasunod pa.

**"Anong kinain mo at ganyan ka sumalubong sakin?"** Tanong ko.

Bahagya siyang tumawa. **"Masama ba kung salubungin kita?"**

**"Gago, hindi mo ko sinasalubong!"**

Biglang nawala ang ngiti niya. **"Profanity."**

*Whut?*

Nanlaki ang mga mata ko. Bago pa niya ko mahablot agad akong tumakbo palayo.

Akala ko tapos na ang lintik na profanity na yan. Hanggang don nga lang pala sa isla ang exception ng batas Ulupong na yan.

**"Wag ka lalapit sakin!"** Sigaw ko habang tumatakbo palayo.

Malalaki ang hakbang ko pati sa pag-akyat sa hagdan para lang hindi ako maabutan ng lintik na kumag na yon. Hahalik na naman siya, eh hindi naman kami.

Malapit na ko sa room namin ng may biglang yumakap sakin mula sa likod. Sisigaw na sana ako pero naisandal na niya ko sa pader at naiharang ang dalawang braso para hindi ako makaalis.

**"Where do you think you're going, wife?"** Nakangising tanong niya.

**"Muka mo wife!"**

**"Would you like me to remind you that you call me Hubby back in the island?"**

*Powta! Pinaalala na nga!*

**"Hindi ko alam ang sinasabi mo!"** Pagtanggi ko.

Unti-unti niyang nilapit ang muka sakin kaya agad akong umiwas. Ginamit ko din ang kamay ko para itulak siya palayo sakin.

**"You can't deny it. You even hug and kiss me!"**

Agad akong dumiretso ng tayo at hinarap siya. **"Ay hindi na totoo yan."**

Kukuhanin na sana niya ang pagkakataon para halikan ako pero biglang lumitaw si David sa tabi namin.

**"Seriously? Ang husay mo sa panlalamang kay Jay-Jay."** Sabi niya at humalukipkip.

Lumayo naman si Keifer sakin habang nakangising humarap kay David.

**"Nakita ko sa internet, sakit daw ang inggit. So, get well soon David."** Sabi niya at lumakad paalis pero bago pa siya makapasok sumenyas siya ng isa gamit ang daliri habang nakatingin sakin.

*1 profanity.*

Nagbibilang na naman siya. Bilangin niya ng bilangin. Sisiguraduhin kong hindi naman siya makakasingil. Mamuti na ang mata niya sa kakahintay.

Hinarap ko si Dabid na mahinahon nang nakatinign sakin.

**"Good morning."** Bati ko at ngumiti.

**"Good morning din. Hanggang kailan mo hahayaan si Keifer na lamangan ka?"**

Umiling ako. **"Hindi naman. Kaya ko sarili ko, wag ka mag-alala."**

**"Alam kong kaya mo sarili mo, pero hindi sa kaniya."**

Napanguso ako. **"K-kasi..."**

Napabuntong hininga siya. **"Bato nalang yata ang hindi marupok ngayon."**

Tumalikod siya at nauna ng pumasok sa room. Sumunod naman ako at mabilis na sinalubong ng mga Ulupong. Halos kumpleto na kami maliban lang kay Denzel na malamang ko ay hindi maiwan ang bagong panganak na asawa.

Si Yuri naman ay nasa pwesto na niya at nakikipag-usap kay Keifer. Pinili kong wag muna siyang batiin dahil baka maghinala siya na may kakaiba sakin at may alam ako.

Pag-upo ko sa pwesto ko, matamis na ngumiti sakin si Ci-N.

**"Good morning, Kokey."** bati niya.

Matalim ko siyang tinignan bago ngumiti ng peke. Sinamahan ko pa ng pekeng pagtawa at sinabayan naman niya.

**"Kingina mo, hindi kita ililibre miryenda."** Sabi ko at nawala ang ngiti niya.

**"Joke lang. Eto naman hindi na mabiro."** Sinubukan niyang hawakan ang kamay ko pero nilayo ko sa kaniya. **"Wag ka mag-alala mas maganda ka kay Kokey. Mas sikat nga lang siya."**

Inis ko siyang inambaan ng hampas. **"Lakas mo mang-asar."**

Malapad siyang ngumiti habang nakalabas ang gilagid. Alam na alam talaga niya kung paano magpa-cute kapag may ginawa siyang kasalanan.

*Mabuti nalang at malakas siya sakin.*

**"Jay..."** Tawag sakin ni Eman. **"Gusto mo sumali sa bigayan? Balak naming regaluhan si Grazel."**

**"Sige."** Mabilis kong pag-sang-ayon. **"Anong balak niyong iregalo?"**

**"Bahay at lupa."** sagot niya at nawala ang ngiti ko.

**"Anong palagay mo kay Grazel? Baka sanggol palang yon."**

Mahina siyang tumawa. **"Mga baby things. Crib, walker, stroller tsaka mga laruan na din."**

Napatango naman ako. Maganda nga yun. Hindi rin kasi nabili ni Grace ang lahat ng kailangan niya para sa bata. Malaking tulong kung magreregalo kami.

**"Balak din naming mag-bigay ng cash kay Denzel."** Dagdag pa niya.

**"Sige. Sali ako, magkano ba ang bigayan?"**

**"Kung magkano ang kaya mong ibigay."**

Napa-isip naman ako sandali. 200 lang dala ko ngayon pero pwede pa naman sigurong humabol ng bigay sa mga susunod na araw.

**"Cash ba ang kailangan?"** Tanong ni Keifer na nagpalingon sakin. **"Ipapa-cash ko ang 10 million."**

*Howtangina! Million ang ambag ng gago.*

Para gusto ko na ring mag-anak. Magbibigayan din kaya sila ng ganito? Bibigyan niya kaya ako ng 10 million?

**"Relax lang Pre, pang-baby lang ang bigayan."** pinagpapawisang sabi ni Felix.

**"Hindi pa kailangan ng baby ang ganyang halaga."** kamot ulong sabi ni Eren. **"Buti yung matanda kailangan yan."**

*Tama! Tama!*

**"Samin mo na lang iambag."** suggestion ni Rory.

**"Alam mo Keifer, nakabuntis ako. Ambagan niyo din ang magiging baby ko. Masaya na ko sa 1 million."** nakangiting sabi ni Drew pero agad siyang binatukan ni Calix.

**"Pang-baby nga ang presyo na yon. Kung matanda na siya bibigyan ko siya ng 100 million."** inosenteng sagot ni Keifer. **"Wala naman sigurong masama, Ninong naman niya ko."**

**"W-wala naman."** pagsang-ayon ni Eman kahit halatang pilit.

Narinig ko ang pagtawa ni Yuri kaya napatingin ako sa kaniya. **"Baka awayin ka ni Grace kapag nagbigay ka ng ganung halaga."**

Kahit papano napangiti ako ng makitang kaya pa din naman niyang tumawa sa harap ng mga kaibigan niya. Hindi ko naman itatanggi na natatakot akong totoo ang sinabi ni David na parang hindi kaibigan ang turing sa kanila ni Yuri.

*Mali siya. Mali ang instinct niya.*

**"Tama si Yuri. Tsaka bakit pa kami mag-aambag kung magbibigay ka na ng malaking halaga."** may inis na sabi ni Mayo.

**"Sabayan mo nalang ang halaga na ibibigay namin."** suggestion ni Kit.

Mabilis namang sumang-ayon ang mga kapwa nila Ulupong.

**"Magkano ba ang ibibigay niyo?"** Tanong ng Hari nila.

**"15,000."** sagot ni David at mabilis kaming umapila.

Kulang nalang lumipad ang mga gamit namin papunta sa muka niya. Parang mas namroblema pa kami kesa sa 10 million ng Kumag.

"Gago*! Hindi kami mayaman.*"

"*Teka, ibebenta ko lang kidney ko.*"

"*Sana 15 pesos lang tinutukoy mo.*"

Agad ko siyang hinampas para mahimasmasan sa presyong binitawan niya. Nakalimutan yata niyang mahihirap ang karamihan samin at hindi kayang maglabas ng ganung halaga.

Considered na ba kong mayaman kung may isla na ko pero hindi pa rin kayang maglabas ng malaking halaga?

*Feeling ko dukha pa rin ako.*

**"Pwede namang kanya-kanya nalang ng halaga ng kayang iabot."** sabi ni Ci-N at napatango naman ako.

**"Magkano ibibigay mo?"** Tanong ko.

**"Kung babayaran ako ni Drew, magbibigay akong 10 pesos."** Sagot niya hinarap si Drew. **"Bayaran mo na yung 7 pesos. Iaambag ko yon kay Grazel."**

Napasibangot naman agad si Drew. **"Anak ng..."**

Namangha naman ako sa dami ng ibibigay niya. Balak pa sana naming pagtalunan ang halaga ng iaabot pero dumating na si Sir Alvin. Sinabi din ni Eman sa kaniya ang balak namin at maluwag sa puso niyang sinabi na sasali siya sa bigayan.

Natuwa naman kami. Hindi lahat ng teacher kayang gawin yon. Talagang matingin si Sir samin kahit minsan nasasagot na namin siya at nap-prank.

Nagsimula na kami ng klase. Hanggang sa mga sumunod na subject napag-uusapan pa rin ang bigayan. May mga teacher na nagpapa-abot nalang ng 'congratulation' sa ligtas na paglabas ni Baby Grazel. Halata namang si Grace lang talaga ang binabati nila at hindi kasali si Denzel.

*Ganun ba kasama si Denzel?*

Hindi kasi nila nakikita na nagbago na siya at handa ng ko maging ama kaming sa murang edad. Oo, pinagtabuyan niya si Grace non pero makikita lang nila ang mga ginagawa niya ngayon. Masasabi pa kaya nilang masamang tao siya?

Pagdating ng lunch, kanya-kanya ng takbo ang mga Ulupong papuntang cafeteria. Walang pahanda ngayon ang Hari. Ayos lang dahil kailangan ko din maglakad-lakad sa labas ng classroom.

**"Sabay ako."** Sabi ni Ci habang humahabol sakin.

**"Hindi ka sasabay sa Lolo mo?"** tanong ko patukoy kay David.

Tinuro niya ang likod namin. **"Kasunod lang natin siya."**

Tumango lang ako at nagpatuloy sa paglalakad. Pababa na kami ng hagdan ng sumabay samin si David at isa pang Ulupong. Taas kilay akong nakatingin sa kaniya habang puno naman ng pagtataka sina Ci.

*Umandar na naman ang sira ng ulo niya.*

**"What?"** Tanong ng Hari ng mga Ulupong.

**"Bakit ka sasabay samin?"** Tanong ko naman.

Ngumiti siya. **"I just want to."**

Napangiwi ako. Hinayaan ko nalang siya at nagpatuloy na sa paglalakad. Dahil nakakailang ang pagiging tahimik namin sinimulan ng batang kumag na magtanong at magkwento.

*Buti nalang...*

**"Pwede ko naman siguro ibigay ang ilan sa mga laruan ko kay Baby Grazel?"** sabi niya.

**"Your toys are expensive collectable items. Ang iba nga don hindi naman talaga laruan."** sagot ni Dabid at naalala ko ang mga laruang madalas niyang ipagyabang sakin.

**"Syempre, ibang laruan ang ibibigay ko."**

**"Anong laruan naman yon?"** tanong ko.

**"PS4."**

*Ibang laruan nga.*

Pareho-pareho kaming tumingin sa kaniya at halos wala na siyang naintindihan sa sunod-sunod naming sermon.

**"Sira ba ulo mo?"**

**"Grazel is too young for that kind of game."**

**"Hindi yan para sa kanya."**

Pagtawa lang naman ang sagot niya samin habang naka-peace sign. Talagang hindi pwede na wala siyang hirit.

Bumalik kami sa paglalakad hanggang sa makarating kami sa cafeteria. May mga taong lumingon sa gawi namin at mabilis na nagbulungan. May mga nasa lubong naman kaming mga babae na mabilis nagpa-cute kay Keifer at David. May mga bumati naman kay Ci-N at binati din niya.

Napatingin ako sa pila ng mga istudyante. Talagang hindi papahuli ang mga Ulupong pagdating sa kainan. Nakasingit na sila sa pila at halatang maraming nagagalit sa ginagawa nila.

*Ang sarap nilang bikwasan.*

**"Jay! Tara na dito!"** malakas na tawag sakin ni Edrix kaya pinagtinginan kami.

Gusto ko siyang sampalin dahil sa pang-aagaw niya ng atensyon. Agad kaming lumapit sa kanila at habang nasa pila nakaramdam ako ng kakaiba na para bang merong nakatingin sakin ng masama.

Bahagya kong niligid ang paligid na hindi mahahalata ng iba. Kuwaring naniningin lang ako ng mga istudyante o kaya agiw sa kisame. At saktong lingon ko sa bandang dulo ng cafeteria, nasa lubong ko ang masamang tingin ni Freya.

Agad akong umiwas. Hindi ko pa nga pala nakakausap si Edrix tungkol sa bagay na yon. Malamang kong naghihintay na ang babaeng impakta.

*Mukang excited ang loka.*

Sandali kong kinagat ang ibabang labi ko. Pinagmasdan ko sandali si Edrix at tinaas ang kamay ko para sana abutin siya pero binawi ko din agad.

Hindi ko alam ang sasabihin sa kaniya. Pero kailangan ko ng masabi sa lalong madaling panahon. Naiinip ang bruha baka awayin niya ko.

Wala akong pagpipilian kaya naman kinalabit ko si Edrix na nasa harap ko. Tumingin siya sakin at mapang-asar na ngumiti.

**"Hindi kita papasingitin. Pare-pareho lang tayong gutom."**

**"Hindi yon, akala mo naman."** inis na sagot ko at tumawa siya.

**"Joke lang. Hindi ka na mabiro dyan."** Lumapit siya sakin at bumulong. **"Hindi ka pa siguro nilalambing ni Keifer."**

Sinukmuraan ko siya dahil sa huli niyang sinabi. Agad siyang napasigaw sa sakit. Napayuko din siya habang hawak ang tyan. Mabilis kaming pinagtinginan ng mga tao.

**"Whats going on?"** tanong ni Keifer.

**"A-Ayaw niya kasing magpasingit sa pila."** pagdadahilan ko.

**"Grabe, nakakatakot hindi ibigay ang gusto ni Jay."** sabi ni Rory at tinapik-tapik si Edrix sa balikat.

Bigla nalang ngumiti ng nakakaloko si Eren, kulang nalang kumislap ang mga mata niya.

Humarap siya sa mga nakapila at bigla nalang sumigaw. **"Ganyan ang sasapitin niyo kung hindi kayo aalis sa pila!"**

Mukang natakot sila at agad na lumayo ang iba para lang bigyan kami ng daan. Gusto ko sana sila pigilan pero umiwas na ng tingin ang ibang istudyante. Merong umalis sa pila dahil wala silang choice. Meron namang pinaalis talaga ng ibang Ulupong.

Nasampal ko nalang ang noo ko dahil sa ginawa nila. At ng mawala ang mga nakapila parang tigre na nagtakbuhan sa harap ang mga lintik na Ulupong. Hihingi sana ako ng pasyensa pero tinulak na ko ni Ci-N papunta sa harap para makapili ng bibilin.

Kung ano-ano nalang ang tinuro ko para lang makaalis agad at makabalik na sa pila ang mga pina-alis nila.

**"Mga sira-ulo kayo!"** inis na sabi ko habang palabas kami ng cafeteria.

**"Blessing in disguise pagkakasuntok mo sakin."** nakatawang sabi ni Edrix.

Hinawakan ko siya sa braso bago pa siya makalayo sakin. Taka niya kong tinignan.

**"Usap tayo."** seryosong sabi ko.

**"Ano ka ba? Okay lang ako. Hindi ako galit sa pagkakasuntok mo."** sabi niya pero umiling ako.

**"Hindi tungkol don."**

Naging seryoso siya. **"May nangyari ba?"**

Pati ibang Ulupong napatigil din at napatingin sakin.

*Masyado silang kabado.*

**"Tungkol kay Friend."** sagot ko at ngumiti.

Bigla nalang tumango ang mga Ulupong. Napa-ahh pa sila na parang alam na alam nila ang ibig kong sabihin.

**"Walang problema mga pare. Balik na tayo sa room at kumain."** sabi ni Eren at nakangiting naglakad paalis.

**"Si Friend lang pala. Kayang-kaya na ni Edrix yan."** Sabi ni Blaster at agad siyang tinignan ng masama ni Edrix.

**"Tara na... Naway pagpalain siya ng tapang."** parinig ni Josh at tumalikod.

Mahinang natawa ang ibang Ulupong habang napapailing. Sandaling ngumiti si Keifer at lumakad na rin paalis. Sumunod na rin ang iba pang mga Ulupong sa kanila.

**"Sino si Friend? Hindi ba niya tayo friend?"** tanong ni Ci-N habang pilit siyang hinahatak palayo ni David.

Kitang-kita ko ang nakakalokong tawa ni Rory habang lumalakad paalis.

*Bakit pakiramdam ko may mga alam na sila?*

**"Wala silang alam. Di ba?"** kabadong tanong ni Edrix sakin.

**"W-wala... yata."**

Naglakad kami at humanap ng lugar na kakaunti ang mga istudyante. Sa parking kami napunta. Tinignan ko pa ang paligid bago magsalita.

**"Anong tungkol kay Freya?"** inip na tanong niya sakin.

**"Ganito kasi, may napag-usapan kasi kami ni Freya."** panimula ko at parang mas lalo siyang nainip. **"Ano... kasi..."**

**"M-may sinabi ka ba tungkol sakin?"**

Umiling ako. **"Pero nabanggit ko na may nagkakagusto sa kanya."**

Bigla nalang naging malungkot ang mga mata niya. **"Ayaw niya, tama ba**?"

**"Tinanggap niya."** sabi ko at nagliwanag ang muka niya. **"Magbibigay siya ng chance."**

**"NICE!"** sigaw ng kung sino at muntik ko ng mabitawan ang nabili kong pagkain dahil sa gulat.

Nang lingunin namin, ang todo ngiting si Rory ang bumungad samin.

*Tsismoso din nito.*

**"Ang galing mo Jay. Eto na ang pagkakataon ni Edrix."** sabi niya na parang nagpapasalamat sa natanggap na donasyon.

**"Sira! May nangyari lang kasi kaya ko nabanggit pero hindi pa alam ni Freya na si Edrix ang tinutukoy ko."** paliwanag ko.

**"Ayos lang yon, basta may pagkakataon na ang tropa natin."**

**"Ang kailangan nalang natin gawin ay ihanda ang panliligaw-."**

**"Hindi ko gagawin."** putol ni Edrix sa sasabihin ko.

Sabay kami ni Rory na lumingon sa kanya. Kulang nalang sampalin namin siya para lang mahimasmasan siya sa sinabi niya.

*Kingina! Pagkakataon mo na!*

**"Mali ka ng salitang ginamit.**" sabi ni Rory.

**"Hindi. Tama ang dinig mo."** sagot ni Edrix at parang bumagsak ang balikat ko.

**"Pero bakit?"**

**"Hindi ba obvious? Kasi ako lang ang meron ako. Wala ng iba. Wala na kong pwedeng ipagmalaki sa kaniya."** sabi niya at nagsimulang lumakad paalis.

*whaaatttt?*

Malilintikan ako kay Freya. Anong sasabihin ko? Umatras na ang manliligaw niya? Magagalit sakin yon at baka isipin niyang sinungaling ako.

Nasabunutan ko ang buhok ko gamit ang isang kamay. **"Umayaw siya."**

**"Hindi, Jay. Hindi siya pwedeng umayaw."** seryosong sabi ni Rory. **"Pagkakataon na niyang maging masaya."** tumingin siya sakin at ngumiti ng mala-impakto. **"Leave it to me."**

Mahina ko siyang sinampal. Muka siyang magnanakaw ng panty sa sampayan.

*Lakas maka-manyak ng itsura*.

**"Aray naman."** reklamo niya.

**"Muka kang sira-ulo."** sandali kong tinignan si Edrix na nasa malayo na. **"Anong balak mo?"**

Tinignan din ni Rory ang tinitignan ko. **"Alam mo maraming sikreto ang closet ng isang tao."**

Napatingin ako sa kanya. Marami nga palang alam si Rory. Mas lalo na siguro ang sikreto ng kaibigan.

*Gaano kaya karami ang alam ng Ulupong na to?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 342

**A/N:** I miss updating. Sana ito na ang stepping stone para makabalik ako sa active writing life. Sobrang exhausted ko lately feeling ko tuyot na ko.

Miss ko na ring gumala! 😭

Hope you enjoy guys. Sorry kung ito lang nakayanan ko pero balak ko talaga mag-UD next week. Sana magawa ko.

**Closets**

***Jay-jay's POV***

Hindi na ko makakapasok sa sunod na subject pagkatapos ng lunch. Sabi ni Rory sandali lang kami pero patapos na ang lunch andito pa rin kami sa dorm ni Edrix.

**"May babae sa kwarto ni Rix."** Dinig kong sabi ng kung sino sa labas ng kwarto.

Nakita ko pa ang anino nila mula sa bintana.

**"Wag mo pansinin yang mga yan. Ingit lang sila kasi may pumuntang babae dito."** Sabi ni Rory habang naghahalungkat sa mga gamit ni Edrix sa ilalim ng kama.

**"Akala ko kasama ni Edrix parents niya sa bahay."** Sabi ko at tinignan ang mga gamit niya sa study table.

Tatlo ang laptop niya na may iba-ibang brand. Lima naman ang router para sa internet na nakadikit sa pader o kaya naman ay nakapatong sa ibabaw ng cabinet na puno ng mga libro at log book. Meron din siyang isang box ng sapatos na puno ng mga Flash Drive. May mga nagkalat din na cable wire at mga connector. May mga action figure din siya ng mga kilalang anime.

Medyo magulo ang lamesa niya pero kabaliktaran naman ang kabuuan ng kwarto. Maayos lahat ng gamit. Nasa basket ang maruruming damit. Nakatupi ang kumot at unan sa isang sulok ng kama. Ang mga sapatos niya nakahilera sa isang sulok ng kwarto. Hugas ang mga plato at naka-ayos katabi ng mga baso at pitsel.

**"Hindi na umuuwi si Edrix sa kanila buhat ng mawala ang Nanay niya."** Sagot ni Rory ng hindi tumitingin sakin.

*Mawala?*

Lumipat siya sa closet ni Edrix ng walang mapala sa ilalim ng kama. Natawa pa siya ng makita ang litrato ni Freya na nakadikit sa likod ng pinto ng buksan niya aparador.

Hindi ko maiwasang hindi mapaisip sa sinabi niya tungkol sa Nanay ni Edrix. Kaswal lang ang pagkakasabi niya pero hindi para sakin. Dahil sa tinagal naming magkakasama hindi ko alam na may ganito problema. Mahirap mawalan ng parte ng pamilya. Lalo na ang Ina na dapat kasama niya sa bawat andar ng buhay. Ako nga na walang Ama nahihirapan, siya pa kaya.

**"A-anong nangyari sa Nanay niya?"** Alanganin kong tanong.

**"Biglang nawala tapos wala na silang balita."** Sagot ulit niya habang patuloy pa rin sa hinahanap.

**"Gaano katagal na yon? Kahit clue o kung saan huling nakita? Wala?"**

**"Expected na yon."** Sagot niya na nagpakunot ng noo ko. **"Sa linya kasi ng trabaho niya."**

**"Linya ng trabaho?"**

Sandali siyang tumingin sakin. **"Hindi mo alam?"**

*Ay tingin mo?*

Walang buhay ko siyang tinignan. **"Itatanong ko ba kung alam ko?"**

Mahina siyang tumawa. **"Maling tanong, natarayan tuloy ako."**

**"Ano ngang trabaho niya?"** Tanong ko ulit.

Tinuro niya ang study table ni Edrix. **"Kapareho ng ginagawa ng Tropa natin. May nabanggang malaking tao kaya ayun biglang nawala."**

Napaupo ako sa kama. Nakakalungkot ang makarinig ng ganun kwento lalo sa kaibigan. Hindi rin halata kay Edrix na may ganun pala siyang pinagdadaanan. Madalas siyang sumali sa kalokohan at makipagtawanan pero kagaya ng iba at kagaya ko meron din palang sakit na nakatago.

*Nakakainggit ang pagiging matibay niya.*

**"Pero bakit siya umalis sa kanila?"**

**"Nakaramdam ng hiya, hindi naman kasi niya tunay na Ama ang asawa ng Nanay niya. Ayaw naman niya maging pabigat kaya umalis nalang."** Paliwanag niya habang isa-isang nilalabas ang mga damit ni Edrix mula sa closet.

**"Saan siya kumukuha ng pang-gatos at pambayad dito?"**

**"Sa boyfriend mo."**

*Kay Keifer?*

**"Hindi ko boyfriend yon?"** Mabilis kong apila.

Huminto siya sa ginagawa at tinignan ako. **"Wala pa kong sinasabing pangalan."**

**"Dahil wala naman talaga akong boyfriend!"**

**"Baka dahil guilty."**

**"Tado!"** Sigaw sabay bato ng unan.

Malakas siyang tumawa bago bumalik sa ginagawa. Hindi na ko masyadong nagtanong pa kahit gusto kong malaman kung bakit nakakakuha siya ng pera kay Keifer kumag.

Natigilan ako sa pag-iisip ng may ilabas na kahon si Rory mula sa ilalim ng closet ni Edrix. Mabilis niyang ibinalik ang mga damit at sinara ang closet bago maupo sa tabi ko at buksan ang kahon.

**"Tada!"** Sabi niya at hinarap sakin ang mga litrato, tuyot na bulaklak at sulat na malamang ay piniling itago talaga. **"Ang sikreto ng closet ni Edrix."**

**"A-ano tong mga to?"**

**"Ang pag-ibig ng tropa natin para kay Freya."** Sagot niya at parang kinikiliti ang pwet na nagke-kembot. **"Meron pang tula yan."**

*Wow. May ganitong side pala ang ulupong na yon?*

Tinignan ko ang mga litrato na kuha mula sa lumang camera. Black and white lang kasi ang kulay pero classic ang dating. Puro muka ni Freya ang nakikita ko at puro mga stolen shot.

Hindi ko lang maintindihan kung para saan ang mga tuyot na bulaklak. Minabuti kong wag ng galawin ang mga yon dahil baka makalas.

**"Anong gagawin natin sa mga to?"** Tanong ko.

Binuksan ni Rory ang isa sa mga drawer sa study table ni Edrix. Nanguha siya ng paper clip at double sided tape.

Nanguha siya ng sulat at binasa yon sandali bago kumuha ng litrato at tuyot na bulaklak. Pinagsama-sama niya yon gamit ang paper clip bago itupi at ilagay sa isang sobreng walang laman. Dinikitan niya yon ng double sided tape at sinara.

**"Kung walang planong kumilos si Edrix. Tayo ang manliligaw para sa kaniya."** Sabi niya at pumalakpak na parang sea lion.

*Sounds nalang ang kulang.*

**"Sigurado ka dyan? Hindi ba siya magagalit satin dahil sa pakikialam natin?"** Tanong ko habang napapakamot sa ulo.

**"Magagalit, pero hindi na mahalaga yon. Basta tulungan natin siya. Napaka-duwag kasi ng lintik. Kung sakin yan, isang gabi lang yan maligaya na kami pareho nung babae."** Mayabang na sabi niya at naalala ko non ng masaksak siya sa harapan ko.

Galing din siya sa babae niya non at nagkataong late kami pareho. Nakakahiya naman sa kaniya at ang dali lang niyang makuha ang babae.

*Malapit ka ng maging Eren.*

**"Basta ganito..."** Panimula niya. **"Ako bahala mag-provide ikaw naman magbibigay kay Freya. Ayos ba?"**

**"A-ayos lang. Kayalang baka kasi magalit si Edrix."**

Napabuntong hininga siya. **"Baka ikaw nagsimula nito. Bakit mo pa sinabi kay Freya na may manliligaw sa kaniya kung hindi mo din naman ako tutulungan dito?"**

*Kasi nga....marami akong dahilan.*

**"Mas maganda kasi kung si Edrix talaga ang manliligaw. Paano kung sagutin siya ni Freya? Paano natin ipapaliwanag ang ginawa natin?"**

Sandali siyang napakamot sa ulo. **"Bahala na. Basta sa ngayon tulungan nalang muna natin siya. "**

Napabuntong hininga ako. As if naman may choice ako. Kung hindi ako papayag haharapin ko ang galit ni Hidalgo. Baka kalmutin ako non o kaya saksakin ako ng kilay.

Tumango nalang ako. **"Sinasabi ko sayo, Rory. Ikaw ang ituturo ko kapag nagkanda-letse-letse tong plano mo."**

Inayos niya ang laman ng kahon bago tumayo. **"Oo. Magtiwala ka lang."**

*Hindi kaya siya mukang katiwa-tiwala.*

Tumayo na rin ako at inayos ang nagulong gamit ni Edrix. Si Rory ang may hawak ng kahon at susi ng kwarto. Nang maayos na namin lahay lumabas na kami ng kwarto. Ganun nalang ang gulat ko ng salubungin kami ng matandang babae. Nakapamewang pa siya.

Tinignan niya ko mula ulo hanggang paa. Nanlalaki pa ang butas ng ilong niya. Hindi ko maiwasang hindi matakot at mailang.

**"Wazzup Manang!"** Bati bi Rory sa matandang babae.

**"Hindi motel ang dorm ko!"** Sigaw niya samin at bahagya akong napaatras.

Napatingin ako sa grupo ng mga lalaki sa likod ng matanda. Panay ang tingin nila sakin na para bang sinusuri ang kaluluwa ko.

**"Chill Manang! Tombits to!"** Sagot ni Rory sabay turo sakin.

Muntik na kong mapangiwi sa sinabi niya.

**"May kinuha lang kami."** Dagdag pa niya.

Mataray akong hinarap ng matanda. **"Ikaw! Nasaan ang delikadesa mo at pumapayag kang dalawa lang kayo sa kwarto!"**

*Grabe! Parang ang dumi ko namang babae.*

**"Ano po yung delikadesa? Kinakain po ba yon?"** Inosenteng tanong ko.

Bahagya siyang nagulat at parang nakarinig ng masamang salita. **"Kerbarbaridad!"**

*Barbecue?*

Narinig ko ang mahinang tawanan ng mga nakapaligid samin. Bago pa sumabog sa galit ang matandang babae hinatak na ko ni Rory palayo. Napapailing pa siya habang natatawa.

**"Hayaan mo na yon. Ayaw kasi non na may ibang babae sa dorm niya."** Sabi niya pumara ng taxi na masasakyan namin.

Hindi na talaga kami aabot sa sunod na klase kaya tinanggap ko nalang. At tatanggapin ko nalang din ang sermon at palatok ni Kuya Angelo pag-uwi ko mamaya.

Habang nakasakay sa taxi panay ang silip ni Rory sa kahong dala-dala. Binibilang din niya ang mga sulat at litrato. Pagdating namin sa school siya na ang nagbayad ng pamasahe namin.

**"Bilisan natin baka patayin ako ni Keifer."** Pagmamadali niya sakin habang pababa ng taxi.

*Siya kaya dahilan kung bakit kami matagal.*

Lakad takbo ang ginagawa namin makarating lang sa room namin pero nasa ground floor palang kami ng huminto si Rory. Pati ako napahinto at tinignan siya.

**"Bakit?"** Tanong ko.

Binuksan niya ang box na hawak at kumuha ng tatlong sobre. Inabot niya sakin yon at tinuro ang papalapit na babae sa pwesto namin.

*Freya...*

**"Ibigay mo."** Utos niya at parang robot naman akong sumunod.

Sinalubong ko ang impakta. **"Freyangot."** sabi ko at agad niya kong tinignan ng masama.

**"What?"**

Inabot ko sa kaniya ang tatlong sobre. Napaatras siya sa pag-aakalang tatama sa muka niya ang kamay ko.

**"Para sayo daw. Tapos *i lab yu* din daw."** Sabi ko at pilit nilapit sa kaniya ang sobre.

Halatang nalilito siya sa gagawin. Wala siyang nagawa kundi kuhanin ang mga sobre at nandidiri niyang pinagmasdan ang hawak.

**"Seriously? Jurassic ages pa ang ganitong gawain."**

Inosente ko siyang tinignan. **"Muka kang Jurassic."** Sabi ko at mabilis niya kong inambaan ng hampas.

Mabilis din naman akong umiwas at nagtatakbo paalis. Para kaming mga batang nagtatawanan at nag-aasaran ni Rory habang paakyat ng hagdan kaya pagdating sa floor namin kanda hingal kaming dalawa.

**"Bakit mo naman sinabihan ng Jurassic yon?"** Natatawang tanong niya.

**"Reklamador kasi."** Sagot ko at inayos niya ang bag para mailagay ang kahong dala-dala.

Malakas ang kutob kong malalaman din naman ni Edrix na kinuha namin ang secret box niya. Magagalit siya samin. Hindi ko naman siya masisisi kung ganon nga ang magyayari.

*Akoy iyong patawarin.*

**"Bakit ngayon lang kayo?"** Tanong ng kung sino mula sa likod namin.

Nataranta si Rory sa pagsara ng bag. Nilingon ko naman ang nagsalita at bahagya akong naging seryoso ng makita ang matingkad niyang kulay pulang buhok.

**"M-may kinuha lang..."** Halos pabulong kong sagot.

Tinignan niya ang wristwatch niya. **"Hindi mo na naabutan ang klase."**

Tumango ako. **"Ikaw? Bakit nandito ka?"**

**"CR lang."** Sagot niya at nagpilit ng ngiti. **"Pasok na."** Utos niya at hinawakan ako sa braso para hatakin papasok.

Sinenyasan ko si Rory na papasok na ko at tumango naman siya. Hinayaan ko si Yuri na ihatid ako sa pwesto ko. Taka pang napatingin sakin si Ci bago sundan ng tingin ang kasama ko.

**"Tagal niyo."** Nakangusong sabi niya at sinundan din ng tingin si Rory.

**"Si Rory kasi... Ano sabi ng Ma'am? Hinanap ako?"**

Umiling siya. **"Wala namang paki sayo si Ma'am."**

*Aray!*

Napangiwi ako bago tumango-tango. Si David sana ang tatanungin ko pero mahimbing na naman ang tulog niya.

Naiintriga na talaga ako kung bakit lagi nalang antok na antok ang isang to. Sabi niya dati dahil ka-video call niya jowa niya, kaso break na kaya iba na dahilan. Sabi niya minsan, nag-aaral daw siya, minsan naman online games daw or live streaming tapos nitong huli kakanood ng mga video sa YouTube.

Kakaiba naman ang mga pinagpupuyatan niya. Pwede namang weekend nalang niya gawin ang mga yon. Mga KPop video lang pinapanood ko sa YouTube tapos kinakatulugan ko pa.

*Sana ako din matibay magpuyat.*

Hindi pa ko nag-iinit ang pwet mo sa upuan ng may maramdaman akong nakatingin sakin. Pasimple akong lumingon sa mga Ulupong at ganon nalang ang kaba ko ng masalubong ko ang tingin n Hari.

Seryoso siyang nakatingin sakin na para bang inaakusahan niya ko. Matalim na irap naman ang sinagot ko sa kaniya. Feeling naman niya papasindak ako. Sinamahan ko lang naman si Rory.

Speaking of Rory, ayun! Nakikipagtalo na ngayon sa mga kapwa niya Ulupong.

**"Patingin lang!"** Inis na sabi ni Calix.

**"Ayoko! Baka madumihan ng hininga niyo!"** Sagot naman niya.

**"Kaya pala ang tagal niyo ni Jay-jay. Bumili pala ng sapatos."** Sabi Felix at pilit inaagaw ang bag niya.

Taka ko silang pinagmasdan. Akala yata nila sapatos ang laman ng kahon sa loob ng bag ni Rory. Matinding pagprotekta ang ginagawa niya wag lang makuha ang bag niya.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Kapag nakita nila ang laman ng kahon paniguradong magkakaroon ng gulo at magagalit samin si Edrix.

Lalapit na sana ako sa kanila para makialam pero biglang pumasok ang teacher. Sunod-sunod silang bumalik sa mga pwesto nila.

*Sana lang talaga walang maka-agaw ng bag.*

Nagsimula ang klase at sandali kong tinuon ang atensyon ko sa klase. Mukang nagmamdali sa magturo ang teacher namin dahil sa nalalapit na exam. Halos isulat nalang niya ang lesson at sandaling paliwag lang bago lumipat sa panibagong lesson.

Ganun din ang ginawa ng mga sumunod na teacher. Maliban lang kay Ma'am Cindy na huling klase namin.

Maayos niyang naituro ang lesson. Walang pagmamadali kaya marami kaming oras kumopya. Habang abala sa pagsusulat meron siyang sinabi na umagaw sa atensyon ko.

**"Keiren is asking about you."** Sabi niya at ng tignan ko nakatingin siya kay Keifer.

**"I will talk to him later."**

Pasimple kong nilingon ang Hari ng mga Ulupong. Anong ibig sabihin ni Ma'am? Bakit kilala niya is Keiren?

Sandaling nagsalubong ang tingin namin pero agad din akong umiwas. Minsan niyang nabanggit na nasa pangangalaga ng kaibigan niya si Keiren pero wala naman siyang sinabi na magkasama na sila ngayon.

*Teka lang... Hindi kaya...*

Tumalim ang tingin ko kay Ma'am. Alam kong crush siya ng mga Ulupong bago pa man ako dumating sa Section na to. Pinuri din siya ni Keifer kumag dati.

Close pala sila. Hindi ako aware.

Pinilit kong tapusin ang kinokopya ko. Pero sa hindi ko malamang dahilan nabutas ang papel ng notebook. Umabot ng tatlong pahina.

Mukang nasobrahan sa diin ang sulat ko. Wala akong nagawa kundi umasa na naman sa notes ni David. Hindi na rin naman ako aabot at kailangan ko pang ulitin ulit ang sinulat ko.

*Hindi naman ako gigil.*

Natapos ang klase at parang mga batang nakawala sa koral ang mga gunggong na Ulupong. Uwian na.

**"Jay-Jay?"** Tawag sakin ni Ci-N.

**"Bakit?"**

**"Sinong kagalit mo?"**

Sandali akong napaisip at taka siyang tinignan. **"W-wala naman."**

**"Yan ba ang uso ngayon. Salubong na kilay?"** Tanong niya at mapang-asar akong nginitian.

Sandaling kong pinakiramdaman ang kilay ko. Totoo nga ang sinabi niyang salubong ang mga kilay ko.

*Hindi naman ako galit.*

**"H-hindi. Ano lang. M-may iniisip —."** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglang pagdaan ni Rory sa pagitan namin ni Ci.

**"Hoy! Patingin kami ng bagong sapatos mo!"** Sigaw ni Eren habang hinahabol si Rory.

**"Pahiram kami!"** Sigaw ni Drew at nakihabol na din.

Walang kaming nagawa kundi ang panoorin sila. Kamot ulo naman akong naglakad palabas. Hanggang ngayon bagong sapatos pa rin ang nasa isip nilang nasa bag niya.

Hindi ko alam kung mabuti ba yon o hindi. Kasi ayaw pa rin siyang tigilan ng mga kapwa niya Ulupong.

Malapit na kami sa hagdan ng may humatak sa bag ko kaya napaatras ako. Nawala ang kasabay kong maglakad dahil hindi niya napansin na naiwan ako. Agad kong hinarap ang kinginang kumag at akmang susuntukin pero nahawakan niya kagad ang kamao ko.

**"Taran—!"** Hindi ko na natuloy ang sasabihin ko dahil sa pagtaas ng kilay niya.

*Tiis muna sa hindi pagmumura.*

**"Continue."** Paghahamon ng tukmol na Hari ng mga Ulupong.

Pinanlakihan ko siya ng butas ng ilong. **"Kailangan mo?"** Sabay bawi ng kamao ko.

**"Saan kayo galing ni Rory?"**

**"Paki mo naman..."** May halong inis na sagot ko. **"Hindi ko naman siguro kailangang i-report sayo ang lahat."**

**"Hindi nga. But don't forgot that Ram is still after you. It's too dangerous for you."**

Napanguso ako. Bakit ba kasi ayaw pa kong tigilan ni Ram na yan? Harapin nalang niya ko para matapos na. Suntukan kami, one on one.

*Yabang...*

**"Si Ram ba talaga?"** Taas kilay na tanong ko.

Pinagtaasan din niya ko ng kilay. **"And what do you mean by that?"**

*Patarayan kami ng kilay.*

**"Wala..."** Kuwaring tanggi ko. **"Wala naman."**

**"Wala?"**

**"Wala. Wala."**

**"Wala talaga."**

**"Wala nga."**

**"Wala."**

**"Wala nama—BWISIT KA!"** Sigaw ko matapos niya kong nakawan ng halik.

Sobrang bilis ng kilos niya hindi ko namalayan ang balak niya. Sinamantala na naman niya ang kawalan ko ng malay sa ginagawa niya. Hayop! Husay talaga! Hindi ko na nagawang makaganti ng suntok dahil sa bigla niyang pagtakbo paalis.

*Di ko na feel.*

Ilang beses kong pinunasan ang nguso ko bago maglakad paalis. Ang lakas talaga manggulang ng walanghiyang yon. Lakas pa naman ng loob kong sabihin kay David na kaya ko ang sarili ko tapos eto ako at hinayaan siyang lamangan ako.

*Sasabihin na naman non marupok ako.*

Pagdating ko sa ground floor, kinawayan ako ni Ci-N. Agad naman akong lumapit sa kaniya.

**"Bakit bigla ka nawala?"** Tanong niya.

**"May kinausap lang."**

Tumango siya at ngumiti ng matamis. **"Si Keifer no? Anong ginawa niyo?"**

Umiling ako. **"Wala no."**

**"Kuwari ka pa—."** Napahinto siya at takang napatingin sa bandang likod ko.

Nang tignan ko yon, ang salubong na kilay ni Freya ang una kong nakita. Palapit siya sakin at mukang mainit ang ulo.

*Nakow! Delikado.*

**"Hoy!"** Inis na tawag niya sakin.

Bahagya naman akong napaatras. Baka masaksak ako ng kilay niya.

**"Huy!"** Sagot ko.

**"Kanino galing ang mga sulat na yon?"** Tanong niya at umiling naman ako. **"Sabihin mo sa kaniya, kung kukuhanan niya ko ng litrato gandahan naman niya. Mukang akong sinauna sa ibinigay niyang sulat!"**

**"Anong sulat?"** Tanong ni Aries na bigla nalang sumulpot sa tabi namin.

Humalukipkip si Freya at humarap sa kaniya. **"Nothing. And it's none of your business."** Sabi niya sunod talikod at palipad ng buhok niya sa mga muka namin.

Nakain ko pa ang ilang hibla na nagpangiwi sakin. Hindi kasi masarap lasang conditioner.

*Yun sakin masarap lasang manok.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 343

**A/N:** Author niyo Ghosterist dw.

**Unexpected visit**

***Jay-jay's POV***

*Paano ba to?*

Tanginang messenger to ang ingay-ingay. Malamang ko mga Ulupong na naman ang nagkakagulo sa group chat. Ayokong buksan baka mainis lang ako sa mga sinasabi nila.

Kayalang hindi ko naman matiis ang ingay. I-uninstall ko nalang sana ang messenger pero napatigil ako ng makita kong my message ako galing kay Freya.

Napanguso ako. Ngayon lang niya ako pinadalhan ng message. Pakiramdam ko tuloy hindi maganda ang sasabihin niya.

Binuksan ko ang message niya at binasa.

**Freya:** *Who the hell is this guy?*

Hindi talaga siya mapakali na hindi makilala ang nagbigay sa kanya ng sulat. Pakiramdam ko nagkaka-interes din siya.

*Ayeih! Gusto din. Kuwari pa.*

Napangiti ako sa ideyang pumasok sa isip ko. Kailangan ko talagang kumbinsihin si Edrix. Sayang tong effort namin kung bandang huli ayaw talaga niyang magpakita o magpakilala man lang.

Panibagong message ang dumating galing ulit kay Freya.

**Freya:** *Make sure that this is not Percy.*

Nawala ang ngiti ko at mapalitan ng ngiwi. Paano ko pala ipapaliwanag sa stepbrother ko tong ginagawa ko? Paniguradong magagalit sakin yon.

Ano nalang sasabihin niya? Ako pa mismo nagtulak kay Freya palayo sa kanya. Dapat yata umisip muna ako ng buong paliwanag kay Percy bago ko sinabi sa babaeng to ang tungkol kay Edrix.

*Naman kasi!*

Pero kung magalit man sakin ang kapatid ko sana maging wake up call na din sa kanya na ayaw na talaga ng babaeng mahal niya. Ang linaw-linaw naman kasi pero bakit parang hindi niya makuha? Ganun ba siya kahumaling sa coloring book na to? Ibibili ko nalang siya ng canvas tapos yun ang pintahan niya.

Namalipit ako sa higaan ko na parang fetus sa sinapupunan. Minsan napapaisip din ako.

*Yabang may isip.*

Bakit ba minsan hindi ko mapigilan ang sarili ko na makialam sa iba? Pakiramdam ko involve ako sa mga issue nila kahit hindi naman. Pakiramdam ko dapat may gawin ako para tulungan sila. Pakiramdam ko meron akong super powers — *charot!*

Narinig ko ang mahinang pagkatok sa pinto ng kwarto ko kasunod non ang pagbukas. Mabilis akong bumangon dahil nakakahiya ang itsura ko. Bumungad sakin ang seryosong muka ng kapatid ko.

**"Bakit?"** Inosenteng tanong ko.

**"Meron lang akong gustong malaman."** Sabi niya at tumango naman ako.

**"Masarap ang lechon pero masarap din ang liempo."** Sagot ko st mabilis nangunot ang noo niya. "Masarap din ang speghatti pero walang tatalo sa pansit malabon."

**"What?"**

**"Masarap ang leche plan pero mas masarap ang sansrival o kaya crema de pruta."**

Malalim ang naging paghinga niya bago sandaling yumuko. Pag-angat ng ulo niya pilit na ngiti ang binigay niya sakin.

**"Mukang puno na ng mantika at taba ang utak mo. Puro pagkain nalang ang nasa isip mo."** Seryosong sabi niya.

Napanguso ako. Malay ko ba! Wala naman siyang ibang pwedeng itanong sakin ng ganitong oras. Malabo naman niya kong tanungin tungkol sa mga lesson sa school dahil alam naman niyang wala akong talino.

**"Tungkol ba saan?"**

**"Freya and the love letter."**

Mabilis akong napaiwas ng tingin. Alam kong kapag sinabi ko sa kanya ang totoo, sasabihin niya kay coloring book na yon at masisira ang plano namin ni Rory.

**"A-ano yon?"** kuwaring walang alam na tanong ko.

**"Kanino galing ang mga letter?"**

**"Anong letter?"**

Sandaling tumaas ang isang kilay niya. **"Wag mo kong simulan."** May halong banta na sabi niya.

**"Ano ngang letter?"** pagpipilit ko. **"Letter A, B, C, D o E. Alin?"**

Tinaas niya ang palad at akmang sasampalin ako. Agad ko namang tinaas ang braso ko para salagin kung sakali.

**"I'm talking about the letter you gave to Freya."** Napabuntong hininga siya. **"I saw her reading the letter and I don't like how she reacts."**

**"Anong reaksyon niya?"**

**"Why do you want to know?"**

**"Sagutin mo nalang."** pagpipilit ko.

Tinitigan muna niya ko ng ilang segundo bago magsalita. **"I can see glimpes of happiness but she manage to give stoic expression."**

Napangiti ako sa narinig ko pero agad ko ding binawi ng maalala kong kaharap ko ang katapid kong may hawak ng kapalaran ng sanlibutan.

**"Ngayon sabihin mo sakin kung kanino galing yon."** Utos niya sakin.

**"Hindi ko alam."** walang tonong sagot ko. **"Pinaabot lang sakin yon."**

**"What?"**

Tumango ako. **"Pinaabot lang talaga."**

**"Sino naman ang nag-abot sayo?"**

Kuwari akong nagkamot ng ulo. **"Hindi ko na maalala. Hindi ko rin kasi kilala."**

Malakas siyang nagbuntong hininga bago lumatikod sakin at maglakad paalis. Dinig ko ang sunod-sunod niyang pagmumura dahil sa inis pero hindi ko nga lang alam kung anong dahilan ng inis na yon.

Nang masigurong nakalayo na siya agad kong sinara ang pinto ng kwarto ko at hinanap ang cellphone ko.

Pinadalhan ko ng message si Rory at sinabi sa kanya ang nalaman ko tungkol sa rekasyon ni Freya.

*Akoy may naaamoy na pag-asa.*

Dinig ko ang pagkalam ng sikmura ko. Mukang pagkain lang ang naamoy ko. Binaba ko muna ang cellphone ko sa study table bago maglakad palabas.

Malalaki pa ang hakbang ko papunta sanang kusina pero napahinto ako bago pa makarating ng sala. Dinig ko ang pinag-uusapan nila Tita Gema at Kuya Angelo.

**"Sasabihin ba natin kay Jay-jay? Baka madisappoint lang siya."**

**"Ganon din naman, na-disappoint na siya ng magpakilala si Tita ng bagong magiging asawa. Anong pinagkaiba kung malaman niyang hindi tuloy ang kasal?"**

Napatakip ako sa bibig ko dahil sa pagkabigla. Anong nangyari? Bakit hindi na tuloy? Hindi kaya totoo ang hinala ko tungkol kay Andy'ng epal? Meron siyang babae tapos nalaman na ni Mama ang totoo?

Wala akong maramdamang lungkot sa balitang narinig ko pero may kaunting panghihinayang. Akala ko din kasi okay na siya para kay Mama. Kaso mukang nagkamali na naman ang aking Ina.

*Okay. Thank you, next!*

Try and try daw until you succeed. Pero kung ako ang masusunod ayoko ng humanap pa siya ng mapapangasawa. Hindi pa nga siya bumabawi sakin o samin ni Aries tapos yun pa ang inuuna niya. Dapat kami muna ang asikasuhin niya.

Kibit balikat akong bumaba ng hagdan. Patay malisya din akong dumaan sa sala at kuwaring hindi narinig ang pinag-uusapan nilang tungkol sakin at kay Mama.

Dumiretso ako sa kusina at tinignan kung may pwede imiryenda. Nakakita ako ng buko salad at mango pie. Nanguha kagad ako ng mangkok na paglalagyan. Magsasalin na sana ko ng may yumakap sakin mula sa likod at takpan ang bibig ko.

Dahil sa pagkabigla hindi ako nakagalaw nung una pero naghatakin niya ko palabas sa dirty kitchen nataranta na ako. Ilang beses ko siyang siniko at dinig ko ang pagdaing niya.

*Powta! Kidnapping na naman ba?*

Hindi ko namalayan na tuluyan na niya kong nahatak papunta sa laundry area. Binitiwan niya ko at handa na sana akong sapakin siya ng maging malinaw sakin kung sino siya.

**"Y-yuri?"**

Naka-baseball cap siya at itim na tshirt pero hindi naman non natago ang sariwang dugo sa damit niya.

Mabilis akong kinain ng kaba pero pinilit kong alamin ang kalagayan niya.

**"M-may dugo ka. Dapat kang dalhin sa ospital."**

Kung natakot akong makita ang sariwang dugo sa damit mas natakot ako sa sinagot niya sakin.

**"This is not mine."**

Tinuro ko ang damit niya kahit nanginginig ang mga kamay ko. **"Kanino yan?"**

Malalim ang paghinga niya at bakas ang pagod. Umiling siya bago hubarin ang baseball cap.

**"Someone attacked me. I managae to escape and the next thing I know I'm here."** Sabi niya at pinunasan ang pawis gamit ang palad.

Napansin ko ang galos sa kamao niya. Hindi rin nakaiwas sa paningin ko ang marka sa leeg niya na para bang may sumakal. Nalilito sa mga nakikita ko at sinasabi niya at nang bumaling na naman ako sa damit niya, parang may may humalukay sa tyan ko at hindi ko napigilang masuka.

Agad niya kong nilapitan para alalayan. Hinimas-himas din niya ang likod ko.

**"Anong problema?"** Tanong niya at tinulungan akong lumapit sa lababo para makapag-hugas.

**"Y-yung dugo sa damit mo."** sagot ko at agad niyang hinubad ang suot.

Binaba niya yon sa lababo at mabilis na binuksan ang gripo. Hinayaan niyang umagos ang tubig para tangayin ang dugo. Lumayo naman ako para bigyan siya ng espasyo.

Kumikintab ang maputi niyang balat pero balot naman ng peklat. Hindi rin nakaligtas sa paningin ko ang mga pasa na halatang nakuha niya sa away. May kaunting galos din at sugat.

**"Kilala mo ba ang umatake sayo?"**

Umiling siya. **"Hindi. Masyadong mabilis ang pangyayari."**

**"Dapat ireport natin sa pulis."**

Umiling siya. **"Sayang lang. Hindi rin naman sila mahahanap."**

**"Naguguluhan ako. Ano ba kasing nangyayari?"**

Napabuntong hininga siya bago ako harapin. Halata ang pagod at hirap sa itsura niya.

**"T-there are some people... "** Halatang nahihirapan siyang magsabi.

**"Yuri."**

Pumikit siya sandali bago magpilit ng ngiti. Hindi ko gusto ang paraan ng pagngiti niya sakin. Malaki ang kinakaharap niya. Higit pa sa iniisip ko nong unang beses siyang magkwento sakin.

**"Mas mabuti kung kaunti lang ang alam mo. I don't wanna put your life at risk."**

**"Pero..."**

**"Please..."** sabi niya at unti-unti nalang siyang bumagsak mula sa kinatatayuan.

Sinubukan ko pa siyang saluhin pero naging dahilan yon para dalawa na kaming bumagsak. Agad akong bumangon at hinarap ang muka niya.

**"Y-yuri..."** Tinapik-tapik ko ang pisngi niya pero wala akong nakuhang sagot mula sa kaniya.

Hindi ko maiwasang hindi mataranta. Naisipan kong pumasok sa bahay para tawagin si Kuya Angelo pero agad ding nagbago ang isip ko. Hindi siya pwedeng makita ni Kuya na ganito ang kalagayan lalo na't hindi siya sa harap ng bahay dumaan at may dugo pa ang damit.

Pero kailangan niya ng tulong. Ang mga Ulupong lang ang nasa isip kong makakatulong sakin. Kinapa ko ang cellphone ko sa bulsa. Ganon nalang ang inis ko ng maalala kong binaba ko yon sa lamesa bago lumabas ng kwarto.

Nasabunutan ko ang sarili ko lalo. Walang malay si Yuri at wala din siyang pang-itaas. Ano nalang iisipin ng mga tao dito sa bahay kapag nakita siya? Advance pa naman mag-isip mga tao dito.

Napatingin ako sa isang saradong pinto. Sa pagkakatanda ko, dito dapat ang kwarto ng driver nila Tita. Pero wala naman silang driver kaya nabakante na ng tuluyan ang kwarto. Dali-dali kong nilapitan ang pinto at binuksan. Mabuti nalang at hindi naka-lock ang pinto.

May kaunting gamit na nakatambak. May kutson na may balot pa ng plastic pero tadtad ng alikabok.

*Pwede na yan!*

Kumuha nalang ako ng damit sa sampayan at ginamit pamunas sa kutson. Nanlumo nga lang ako ng makitang uniform ni Aries ang nakuha ko.

Wag lang talaga niyang malalaman tong ginagawa ko, baka isumpa na ko non ng habang buhay ma kamalasan.

*Sorry naman.*

Agad kong nilapitan si Yuri at sinubukan siyang gisingin pero wala talaga. Knock out. Pinilit ko nalang buhatin siya sa paraang alam ko. Andyang binatak ko ang paa niya o kaya naman pinasan siya. Kahit anong gawin ko mabigat pa rin. Pumwesto nalang ako sa likod niya at inakla ang dalawang braso sa magkabilang kili-kili niya at tsaka ako humugot ng pwesro para mahatak siya at madala sa kwarto.

Bigla nalang akong naawa ng makita ko ang mga gasgas niya dahil sa paghatak ko. Nabugbog na nga tapos natadtad pa ng gasgas ng dahil sakin.

Hinayaan ko muna ang mga galos at gasgas niya. Lumabas ako at dumampot ng kumot sa sampayan. Balak ko pa sanang ibalik ng makilala ko ang kumot.

*Katakot-takot na sumpa ang matatanggap ko.*

Sandali kong binalutan si Yuri bago tumakbo palabas. Papasok na sana ko sa loob ng bahay ng maalala ko ang damit niya. Binalikan ko yon sa lababo. Hahawakan ko sana ang damit pero nakikita ko ang paghalo ng damit sa tubig.

Walang kahit sino sa bahay ang pwedeng makakita nito. Pikit ko nalang hinawakan ang damit at nilamas na para bang gumagawa ako ng tinapay. Binudburan ko din ng sabon at kinusot-kusot. Bakit ba naman kasi gray ang naisipan niyang kulay today.

Napatigil ako ng maisip ko ang suot kong damit. Nalagyan din ang suot ko. Dali-dali akong naghanap ng kapalit sa sampayan pero ibang damit na naman ang nakuha ko. Wala na kong paki kung sinong may-ari nito. Sinama ko ang suot ko sa lababo at ginawa ulit ang bahala nang paglalaba.

*Bahala na kung malilinis o hindi.*

Nang wala na kong makitang dugo, padabog kong pinasok sa washing machine ang mga damit. Alam kong automatic ang panlaba nila Tita pero ang dami namang pindutan! May kung ano-ano pang simbolo at number. Hindi ko makita ang pihitan kagaya sa washing machine kila Lola. Pinagpipindot ko nalang lahat basta umandar lang.

Tinuloy ko na ang pagpasok ko sa loob ng bahay. Lakad takbo ang ginawa ko makarating lang sa kwarto ko. Agad akong kumuha ng damit para kay Yuri at kinuha ko na rin ang cellphone ko.

**"Jay-jay!"** Tawag ni Aries paglabas ko ng kwarto ko. **"Nakita mo ba—Is that my shirt?"**

Bahagya kong tinakpan ang suot ko. **"H-hindi. Akala mo lang yon."**

**"That's mine. Bakit mo suot yan?"**

Umiling ako. Akmang lalapit siya sakin ng itulak ko siya. Napasandal siya sa pader at halatang nabigla sa ginawa ko. Ako din naman nabigla sa kinilos pero hindi niya ko titigilan at kailangan na ko ni Yuri.

**"What the fvck?!"**

**"Sa akin to! Sa akin na to ngayon!"** Sigaw ko sa mismong muka niya at naglakad paalis.

*Patawarin mo ko! Wag mo ko isusumpa!*

Naghanap muna ako ng alcohol at bulak bago dumiretso sa kusina para kuhanin ang pagkain naiwan ko. Kailangan ko ding kumain.

Dala-dala ko lahat ng yon pagdating sa laundry area. Napapatingin sakin ang mga kasambahay na nakakasalubong ako. Hinintay ko muna silang umalis bago pumasok sa kwarto kung saan ko iniwan si Yuri.

Binaba ko lahat ng dala ko sa tabi niya. Nataranta pa ko nung una kung anong uunahin ko. Kung lilinisin ko ba muna ang sugat niya o kakain muna. Pero wala don ang pinili ko, kinuha ko ang cellphone at binuksan ang Group Chat.

**Me:**

*Mga phangeth! Nids q whelps!*

**Eren:** *Ampvta! Ano daw?*

**Ci-N:** *waaahhh!!😭😭 Nakakatakot ang Chat ni Jay-jay!*

**Edrix:** *Code ba to?*

**David:**

**Rory:** *Jay! Ano yan? Napindot lang?*

**Denzel:** *Grace to! Ano ba yan? Dalawa na kami ni Denzel hindi pa rin namin maintindihan.*

Gusto kong magmura ng malakas. Ang bugok naman magbasa ng mga to. Sumali pa si Grace. Nanganak lang hindi na marunong magbasa.

Nanlalaki pa ang butas ng ilong ko habang nagt-type pero merong sumagot ng tanong nila para sakin.

**Keifer:** *Mga panget. Need ko help.*

*Yan sabi niya.*

Bigla nalang bumuhos ang wow react sa chat ng Hari ng mga Ulupong. Dapat lang mamangha sila sa marunong magbasa mga kingina nila! Umabot sila ng ganyang edad na hindi marunong magbasa.

**David:** *About what?*

Hindi na ko nagpaligoy-ligoy pa. Kinuhanan ko ng litrato si Yuri at pinadala sa kanila.

**Keifer:** *Where the fvck are you?*

Ang Hari ng mgs Ulupong pinaka-mabilis na sumagot. Sunod-sunod din naman ang mensahe ng mga kapwa niya Ulupong.

**Ci-N:** *Bakit kayo magkasama?*

**Felix:** *Sinapak mo? Bakit tulog?*

**Eren:** *Anong ginawa m?*

**Josh:** *Wala siyang damit.*

Mas dumami ang message ng mga gunggong at sa halip na tulungan ako sa problema ko mas inalala nila ang kawalan ng damit ni Yuri.

**Calix:** *Hala! Anong ganap?*

**Blaster:** *May nangyari ba?*

**Kit:** *Jay? Explain! NOW!*

**Mayo:** *Hindi ka namin pinalaki ng ganyan! Hindi ka na nahiya sa Nanay Kit mo!*

**Rory:** *lol! Ang landi ng nasa taas.*

**Mayo:** *Pota ka Rory!*

**Rory:** *Ikaw lang nasa taas ko?*

**Calix:** *Guilty!*

**Edrix:** *Guilty!*

**Felix:** *Guilty!*

**Ci-N:** *Hi I'm Ci-nix, kapatid ni Felix, Calix at Edrix*😂😂😂

Gusto kong ibato ang cellphone ko dahil sa mga pinagsasasabi nila. Tapos magtataka sila kung bakit hindi ako nagbubukas ng Group Chat. Lagi nalang ganito nauuwi ang usapan. Balak ko pa sanang magreply ng biglang lumabas ang pangalan ng GagongBaliw.

*Tumatawag ang hudlong.*

Sinagot ko naman.

**["*Where are you?*"]** Tarantang bungad niya.

Dinig ko pa ang pagsara ng pinto na sa palagay ko ay kotse.

**"Sa bahay. Bakit?"**

**["*What the hell is that photo? Bakit walang damit si Yuri at magkasama pa kayo?*"]**

**"Nawalan siya ng malay. Pwedeng puntahan mo siya dito? Hindi siya pwedeng makita ni Kuya na ganito ang itsura."**

At bigla kong naisip na hindi rin pala siya pwedeng makita ni Kuya dito.

**["*I'm on my way—.*"]**

**"Wag ka na pala pumunta."** Mabilis kong putol sa sasabihin niya. **"Hihintayin ko nalang magising si Yuri. Wala naman sigurong masamang nangyari sa kanya. Wala naman siyang matinding tama."**

**["*Ikaw ang pupuntahan ko, hindi siya.*"]**

Baka Bestfriend niya tong walang malay sa harap ko. Grabe! Maraming salamat sa pag-aalala sa kaibigan.

**"Ako ba nawalan ng malay?"** Sarcastic na tanong ko.

**["*Siya ba babaeng mahal ko?*"]**

*At naisingit pa talaga yon.*

**"Wag na nga kasi! Makikita ka ni Kuya."**

**["*The hell I care!*"]**

**"Po—."** Muntik na ko magmura. **"Poset ka! Ipapahamak mo ko!"**

**["*Whatever. I'm on my way now. Make sure to give me a good explanation.*"]**

Pinatay niya ang tawag ng hindi na hinihintay ang sasabihin ko. Napasibangot ako. Kapag nakita siya ni Kuya, malalaman niyang andito si Yuri at ganito ang kalagayan. Malilintikan ako!

Parang naririnig ko na ang boses ni Kuya at naiimagine ko na din ang muka niya sa harap ko.

Minabuti kong bihisan na si Yuri. Baka magka-pulmunya pa siya dahil sa itsura niya. Dahil nahihirapan ako sa pwesto niya, minabuti kong sumampa sa kama at pinwesto ang parehong tuhod sa magkabilang gilid niya kapantay ng tiyan. Dahan-dahan ang kilos ko habang inaayos ang pagsuot ng damit ng biglang bumukas ang pinto.

Bumungad ang nakasibangot na muka ng kapatid kong may dalang sumpa ng kamalasan. Nagkatitigad pa kami bago nanlaki ang mga mata niya. Napakurap-kurap pa ko bago ko naalalang binibihisan ko pa nga pala si Yuri na walang malay.

**"What the hell is happening here?"** Gulat na tanong niya sakin.

Hindi ko alam kung uunahin ko bang tapusin ang ginagawa ko o magpapaliwanag muna ako sa horoscope na to.

**"M-mali ang iniisip mo."** Sabi ko.

Huminga siya ng malalim. **"Explain to me now."** Mahinahon niyang utos.

Umalis muna ko sa ibabaw ng kama pero hindi pa ko nakakababa ng maayos ng may makita akong tao sa likod ng kapatid ko.

**"Anyare?"** Tanong ni Percy habang nakasibangot din sa eksenang nadatnan niya.

*Eto pang isa.*

Nilingon siya ni Aries at agad siyang tinignan ng masama. Bago pa man sila magsimulang magbangayan dumating pa ang nakasimangot na Hari ng mga Ulupong.

**"Jay."** Tawag sakin ni Aries. **"Explain now!"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 344

**A/N:**

HAPPY BIRTHDAY
TO SECTION E's YOUNGEST Ulupong
**CI-N PERALTA**
From your creator
**eatmore2behappy**
and from **Tropa**

**Broken friendship**

***Jay-jay's POV***

Hindi ba pwedeng sa ibang araw nalang magbangayan ang mga to? Dito pa talaga nila naisipang magtalo. Nawala na din yata sa isip nila na mas kailangan ni Yuri ng tulong.

**"How did you get in?"** Inis na tanong ni Aries sa dalawa.

**"From the gate."** Sagot ni Percy.

**"Through the gate."** Sagot naman ng Hari.

*Husay nila sasagot.*

Kung ako yan, baka natampal ko na sila. Binalik ko ang tingin sa kapatid ko ng magtanong ulit siya.

**"Wala man lang nakakita sa inyo?"**

**"Kasambahay niyo. Sila pa nga nagturo sakin dito."** Paliwanag ng stepbrother ko.

Inis na napabuga ng hangin ang kapatid kong Horoscope. **"Kapag nalaman to ni Kuya—."**

**"Wala siya."** Sabay na sagot ng dalawa.

*Saan naman kaya yun?*

**"Nakita ko siyang umalis bago ako pumasok."** Dagdag ni Percy.

**"I saw him inside his car and drove away."** Sagot naman ng tukmol na Hari.

Napabuga na naman ng hangin si Aries at sandaling tumingin sakin at kay Yuri bago ulit harapin ang dalawa.

**"Kung si Yuri ang kailangan niyo tangayin niyo na siya."** Utos niya.

Napangiwi ako. Ganon-ganon nalang yon. Parang hindi tao tong si Yuri, daig pa niya nagpatangay ng basura sa mga aso.

**"I'm here to see Jay-jay."** Mabilis na sagot ng tungkol na kumag na Hari.

**"Same."** Si Percy habang nakataas pa ang isang kamay.

Tinuro ko ang sarili ko. **"Anong meron sakin? Si Yuri ang may kailangan ng tulong."**

**"Langya naman kasi, sabi ni Felix may nangyari daw sayo at kay Yuri."** Tinanaw pa niya ang nasa likod namin. **"Mukang ibang pangyayari ang naganap."** Dagdag niya at ngumiti ng nakakaloko.

Halatang iba ang gusto niyang iparating. Bu-bweltahan ko na sana siya pero meron ng nauna sakin.

**"NOTHING HAPPENS TO THEM!"** Mabilis na kontra ng tukmol na kumag na demunyong Hari.

Pare-pareho kaming nagulat sa inasta niya. Napahawak pa si Percy sa dibdib niya na parang aatakihin siya sa puso. Napataas naman ng isang kilay si Aries at ako, napanganga nalang.

**"Chill... Walang aatake sayo."** Awat ni Percy sa kaniya. **"Kalma lang ha? Kalma."**

**"Wala talaga. Binibihisan ko lang si Yuri nong dumating kayo."** Paliwanag ko para matapos ang iniisip nitong step brother ko.

**"See? I'm right. May tiwala ako sa Jay-jay ko kaya alam kong hindi niya magagawa yon."** Proud na gatong ng gunggong na tukmol na kumag na demunyong Hari ng mga Ulupong.

*Jay-jay nino?*

**"My sister is not yours. Kung may tiwala ka bakit nandito ka?"** May paghahamon sa tono ng kapatid kong kapalaran.

**"I want to know what happened here."** Depensa niya.

**"Ano nga bang nangyari?"** Tanong ni Percy na parang gumising sa kanila sa totoong dahilan ng gulong to.

Tumingin sila sakin at halatang naghihintay ng sagot ko. Napakamot pa ko sa ulo ko dahil sa mga itsura nila.

**"Dumating siya dito na puro dugo. Ang sabi niya may umatake daw sa kanya. Tapos ayan, nawalan na ng malay."** Paliwanag ko.

**"Umatake?"** Takang pag-uulit ni Aries.

Tumango naman ako bilang sagot.

**"Bakit dito siya nagpunta? Paano kung nasundan siya?"** May pag-aalalang tanong ni Percy.

**"Hindi pabaya si Yuri. This house is probably the last place they think he will run into."** Pagtatanggol ni Keifer.

*Si Kwanan yan.*

**"Sabi din niya hindi niya namalayan na napunta na siya dito."** Dagdag ko.

Halatang inisip ng Hari ang sinabi ko. Malamang na iniisip din niya ang nangyari kay Yuri at kung bakit siya inatake. At ganon din ang iniisip ko mula pa kanina.

**"Ano bang pinasok na gulo niyan?"** May halong inis na tanong ni Percy.

Bahagya siyang lumapit sa lababo at mabilis niyang napansin ang mga kasat ng dugo na naiwan mula sa damit namin. Pinahid niya yon ng daliri at sinuri.

**"Ano to? Dugo?"** Pagkumpirma niya.

**"Sinabi ko na di ba? Dumating siya na puro dugo pero wala naman siya sugat."**

Tinignan ako ng Hari ng mga Ulupong. **"Nakayanan mo?"**

Alam kong ang mga dugo ang tinutukoy niya. Umiling ako.

**"Nasuka ako. Yan nga suka ko, natapakan ni Percy."**

Bigla nalang nagtatalon si Percy habang umiirit. Daig pa niya babaeng nakakita ng palaka.

*Parang timang.*

**"Kadiri naman sister!"** Inis na sabi niya sakin.

**"Kasalanan ko bang hindi mo tinitignan nilalakaran mo?"** Sarcastic na tanong ko.

**"Hindi ka nagbigay ng warning! Buti sana kung sumusuka ka ng ginto kagaya ko!"**

*Ginto?*

**"Muka mo! Kailan pa sumuka ng ginto ang tao?"**

**"Hindi ako tao."** Hinawi niya ang buhok. **"Sa sobrang gwapo ko, considered na kong anak ni Aphrodite."**

Napangiwi ako. Napailing naman si Aries at malalim na napabuntong hininga si Keifer. Ang dami na nga naming problema dumadagdag pa ang hangin niya.

Feeling ko talaga siya ang may dala ng bagyo dito sa Pilipinas. Mas malakas pa siya sa hanging Habagat.

*Delubyo.*

Pinili nalang namin na hindi pansinin ang sinabi niya. Hinarap ako ng Hari ng mga Ulupong at akmang lalapit sakin pero pinagpalit ni Aries ang pwesto namin.

**"She's obviously okay now. Hindi niyo na kailangang mag-alala para kay Jay-jay. Pwede niyo ng iuwi si Yuri."** Sabi ng kapatid ko at bahagyang umusog para may madaanan sila papunta sa walang malay na Yuri.

**"Saan ko naman dadalhin si Yuri?"** May halong inis na tanong ni Keifer.

Napataas ang isang kilay ko. **"Sa bahay niya."**

**"Hindi na siya umuuwi sa kanila."**

Napatuwid ako ng tayo dahil sa narinig ko.

**"Paanong hindi na siya umuuwi?"**

**"Hinintay ko siya minsan para kausapin pero walang dumating na Yuri. I ask his lady butler and that what she said."** Paliwanag niya.

Sandali kong tinignan si Yuri bago harapin ulit ang Hari.

**"Kailan pa?"**

Makahulugan niya kong tinitigan bago nagkibit balikat. **"No clue."**

Tinignan ko ulit si Yuri na may pag-aalala. Bumalik na naman ang takot ko sa kawalan ng alam sa nangyayari sa kanya. Ano ba kasi talagang ginagawa niya?

Malakas ang kutob kong nito lang siya hindi umuwi. Nagawa ko pa siyang puntahan sa kwarto niya nong isang araw, kung saan ko nasalubong si Freya.

**"Hindi mo kailangang mag-alala sa kanya."** Sabi sakin ni Aries na nakatingin din pala sa tinitignan ko**. "Matalino siyang tao. Hindi siya magpapabaya lalo na kung may nakasalalay."**

**"May alam ka ba sa nangyayari sa kanya?"** tanong ko at bahagya siya tumango.

**"May sinabi sakin si Kuya, pero hindi lahat ng alam niya."**

**"Ano ng mangyayari sa kanya?"**

**"Who knows."** Halos pabulong niyang sagot.

Sandali kaming natigilan ng tumunog ang cellphone. Pinakita niya sakin ang pangalan ni Kuya na kasalukuyang tumatawag sa kanya.

Agad kong tinikom ang bibig ko. Sinagot niya ang tawag.

**"Kuya..."** Tumingin sya sakin sandali. **"Oo, andito kaharap ko."** tumahimik siya at nakinig lang sa sinasabi ni Kuya. **"Naiintindihan ko."**

Nang matapos ang tawag humarap siya sa dalawa. Sinundan ko naman siya at mukang mahalaga ang sasabihin niya.

**"Kailangan niyong alisin si Yuri dito bago dumating si Kuya."** May pag-aalalang sabi niya.

**"Ayoko."** sagot ng Hari.

**"Why muna.**" sagot ni Percy.

**"Bakit?"** sagot ko sabay ng sagot nila.

**"Those who attacked Yuri, are not normal people. They are members of Yakuza and they're after his head."** Paliwanag niya. **"Pare-pareho tayong malilintikan kay Kuya kapag nalaman niyang dito siya pumunta."**

Nasabunutan ko nalang ang buhok ko. Narinig ko na ang salitang Yakuza dati pero hindi malinaw sakin kung ano sila. Basta ang alam ko lang hindi sila payag na buhayin ang mga kaaway nila.

Tinutugis na ba si Yuri ngayon ng mga Yakuza? Pero bakit? Gulong-gulo na ko. Alam kong Hapon si Yuri pero hindi ko alam na masasangkot siya sa ganong klase ng mga tao.

**"Kung aalis ba ko ngayon hindi ako madadamay sa galit ni Boss?"** Inosenteng tanong ni Percy.

Agad kong hinablot ang damit niya ng akmang hahakbang na siya paalis.

*Hindi mo kami pwedeng iwan.*

**"Hindi mo kami pwedeng iwan. Tulungan mo muna kaming buhatin si Yuri."** May halong pakiusap na sabi ko habang nanlalaki pa ang mga mata.

**"Sis, ang damit ko. Gwapo ako pero hindi ko pangarap maging porn star."** Sagot niya at pilit hinahatak ang damit para hindi mahubaran.

Binitiwan ko nalang siya pero hindi ako umalis sa tabi niya para kung sakaling maisipan niyang tumakas mahahawakan ko kagad siya.

Sabay-sabay kaming tumingin sa Hari ng mga Ulupong. Kailangan din niyang tumulong dahil unang-una, bestfriend niya to. Ikalawa, hindi namin kakayanin. Ikatlo, nandito na siya sayang ang punta niya.

**"I'm not helping him."** mabilis niyan sagot ng makaramdam sa gusto naming iparating.

**"Keifer naman ih."** Medyo inis na sabi ko.

**"Look, Angelo can help him. Let's tell the truth that he's here with us."**

**"Nakalimutan mo na ba kung paano mag-isip si Kuya?"** Tanong ni Aries sa kanya. **"At hindi rin hihingi ng tulong yan - "** tinuro niya si Yuri. **" - sa kanya."**

Napabuntong hininga siya bago ako pagmasdan. Tinitigan ko din siya at tumagal ng ilang segundo ang ginagawa namin. Hanggang sa maisip kong gamitin ang pinagbabawal na teknik.

Kinindatan ko siya.

Kita ko ang mabilis niyang pag-iwas at bahagyang pagpula ng pisngi. Tumalikod pa siya at hinilamos ang muka bago humarap ulit samin.

**"Okay... I'll help. But how?"**

**"Iuwi mo muna siya sa inyo. Alagaan mo, pakainin mo, paliguan mo, bihisan mo, ihele mo, patulugin mo. Kung malakas trip mo asawahin mo."** Sagot ni Percy patukoy kay Yuri.

*Tanginang suhestiyon yan.*

Agad ko siyang siniko sa tyan. Mahina siya napadaing bago ako tignan ng masama.

**"Fine."** Sagot ng hari at halos kumontra ako.

*Aasawahin niya si Yuri?*

**"I'll take him home and I'll ask my butler to take care of him."** sabi niya na nagpakalma sakin.

Akala ko gagawin niya talaga ang suhestyon ni Percy. Ano bang pumapasok sa isip ko? Pati yong ganon pinapakinggan ko na. Kasalanan to ng isla, dumu-dumi isip ko pagkagaling don.

**"That's good. Ngayon buhatin niyo na siya."** utos ni Aries na nagpasibangot kay Percy.

**"Mabigat."** Reklamo niya.

**"Hindi mo pa nga nabubuhat."** bwelta ko sa kaniya.

**"Itsura pa lang. Timbang 50kilos na."**

**"Dalawa naman kayo."** Tinulak ko siya papasok ng pinto.

Sumunod naman si Keifer at pinagtulungan nilang buhatin si Yuri. Nasa magkabilang gilid sila at magkakaakbay para lang maitayo ng maayos ang nasa gitna.

**"Tulog na tulog."** Sabi ni Percy at pinitik ang ilong ni Yuri.

Hinampas ko siya para patigilin pero tinawanan lang niya ko. Naunang maglakad si Aries kasunod sina Keifer, Yuri at Percy. Nasa likod naman ako para umalalay kung magkaproblema.

Takang napapatingin samin ang mga kasambahay. Iniisip siguro kung saan galing at kung bakit walang malay ang pulang buhok na kasama namin.

Palabas na sana kami sa gate ng pumasok ulit si Aries. Namumutla siya at halatang kinakabahan.

**"Si Kuya. He's just around the block."**

*Ano? Bakit ang bilis?*

Nataranta kami pare-pareho hanggang sa alisin ni Percy ang pagkakaakbay kay Yuri at itulak palapit kay Keifer. Muntik ng matumba ang dalawa kung hindi lang ako umalalay.

**"Anong gagawin?"** Tarantang tanong niya na parang may ginawang malaking kasalanan.

Halatang walang maisip si Aries hanggang sa napatingin siya sa pinto ng bahay.

**"Sa loob. Pumasok kayo sa loob."**

Pareho-pareho kaming naguluhan pero ginawa pa rin ang sinabi niya. Tumulong ulit si Percy sa pagbuhat at dali-daling pumasok sa loob ng bahay. Napahinto kami para hintayin ang sunod na sasabihin ni Aries.

**"Saan?"** Tanong ko.

**"S-sa... Sa taas."** Sabay turo sa hagdan.

Ginawa naman namin at narinig ko na ang busina ng kotse ni Kuya. Papalabas ang isang kasambahay para pagbuksan siya pero agad ko siyang hinabol at hinawakan sa braso.

**"Ate, pakiusap lang! Wala kayong sasabihin kay Kuya."**

Naguguluhan siyang tumango sakin.

**"Just do what she said."** Habol ni Aries kaya mas bumilis ang pagtango niya.

Agad akong umakyat ng hagdan para sundan sila Keifer. Ganon nalang ang pagtataka ko ng tuloy-tuloy silang maglakad papunta sa kwarto ko kahit binuksan na ni Aries ang pinto ng kwarto niya.

**"H-hoy, kwarto ko yan!"** habol ko pero nakapasok na si Keifer kasunod si Yuri at Percy.

**"Alam ko."** Sagot pa ng Hari kaya nangunot ang noo ko.

*Paano niya nalaman ang kwarto ko?*

Magkasunod kaming pumasok ni Aries sa loob ng kwarto ko. Sinara ko ang pinto at pasimpleng nilock.

Mabuti nalang at matagal ng napalitan ang lock ng pinto ko. Ang lakas kasi ng topak ni Aries, mang-aaway nalang maninira pa ng lock ng pinto.

Pare-parehong nakahiga ang tatlo sa kama ko. Halatang pagod ang dalawa dahil sa bigat ni Yuri at bilis ng lakad nila. Bahagya naman akong naawa sa kanila.

**"Now what?"** Iritang tanong ni Keifer pero mabilis dumapo ang mga mata niya sa cabinet kong nakabukas.

Agad kong nilapitan yon at pinasok ang mga damit bago isara ng maayos. Kita ko ang pagngisi niya habang nakatingin sa paanan ko. Sinundan ko ang tinitignan niya at ganon nalang ang hiya ko ng maiwan ang isang bra ko sa sahig.

*Avon yan.*

Agad kong kinuha yon at pinasok sa cabinet. Tinignan ko din ang sahig dahil baka may naligaw pa kong underwear.

**"Hihintayin natin siyang pumasok ng kwarto. Then y'all leave."** sagot ni Aries.

**"Anong oras pa yon?"** Tanong ni Percy at inabot ang isang snorlax ko para gawing unan.

*Galing sayo yan ih.*

**"Who knows."** Walang buhay na sagot ni Aries.

**"What the fvck."** Pabulong na sabi ni Keifer. **"Paano kung hindi pumasok sa kwarto yon tapos maisipan pang magbantay?"**

**"Let's just hope that he will not do such thing."**

Napabuntong hininga ako. Tinignan ko si Yuri na wala pa ring malay. Nilapitan ko siya at umalis naman si Keifer mula sa pagkaka-pwesto sa tabi niya. Hinayaan niya kong ayusin ang pagkakahiga ng kaibigan. Inayos ko din ang damit niyang bahagyang nagusot.

Natigilan ako ng makita kong nakatingin sakin si Percy. Seryosong-seryoso ang mga mata niya at may kaunting pag-ngiti na sumilay.

**"Mabilis kabang magpatawad?"** Tanong niya sakin.

**"S-Siguro, oo."** Sagot ko na may pagtataka sa kanya.

**"Ako din kaya? Magagawa kong magpatawad."** Sabi niya at sandaling tinignan si Yuri bago bumalik sa pagkakahiga.

Nangunot ang noo ko pero pinili ko nalang wag pansinin. Alam ko namang may galit siya kay Yuri pero hindi malinaw sakin ang tunay na dahilan. Pakiramdam ko hindi lang dahil yon sa ginawa ni Yuri kay Freya, parang meron pa.

**"Lalabas muna ako, hold your phone all the time so you can read my message."** Sabi sakin ni Aries at tumango naman ako.

Lumabas siya ng kwarto at mabilis ding sinara ang pinto. Mabilis kaming binalot ng katahimikan. Tinuloy ko ang ginagawa kong pag-aasikaso kay Yuri hanggang sa maisipan kong punasan ang muka niya.

Nanguha muna ako ng towel at dumiretso sa CR para basain yon. Paglabas ko agad kong nilapitan ang pakay ko at pinunasan ang muka niya. May ilang talsik pa ng dugo sa bandang leeg niya.

**"Dahan-dahan sa pagpunas baka kumintab yan."** Parinig ng Hari ng mga Ulupong.

**"Baka kamo may lumabas na Genie. May 3 whishes ka."** Dagdag ni Percy at sumilay ang nakakalukong ngiti.

Agad kong hinampas ang bimpo sa kanya kaya napatayo siya ng di-oras. Mahina pang tumawa ang Hari dahil sa nasaksihan niya kaya siya naman ang sunod kong hinampas.

**"What?"** Gulat na tanong niya.

**"Pinagt-tripan niyo ko!"**

Bahagya siyang ngumiti at hindi ko napagilan ang sarili ko na pagmasdan siya. Walang tapon ang kagwapuhan ng gago. Gusto ko siyang sapakin pero nanghihinayang naman ako kung magagasgasan ang muka niya.

*Yung katawan nalang gasgasan.*

Bahagya akong umubo para alisin ang nasa isip ko. Binalikan ko ang ginagawa ko pero natigilan ako ng mapansin ko ang paggalaw ni Yuri. Narinig ko din ang mahinang daing niya.

Nilapitan ko siya at bahagyang niyugyog. **"Yuri..."**

Gumalaw siya at unti-unting dinilat ang mga mata. Ilang beses siyang pumikit ulit bago tuluyang mahimasmasan.

**"J-jay?"** Tawag niya sakin habang sinubukang bumangon. **"W-where am I?"**

Tinulungan ko at inayos ang mga unan para may masandalan.

**"Sa kwarto ko."** Sagot ko.

Niligid niya ang paningin at nangunot ang noo niya ng makita ang dalawang tukmol na kasama namin. Pinagtaasan siya ni Keifer ng kilay, samantalang plastik na ngiti naman ang sinalubong ni Percy.

**"Anong nangyari? H-how did I ended up here?"**

**"I think that question is meant for you."** Sabi ni Keifer na umagaw sa atensyon namin.

*May punto siya.*

Minasahe ni Yuri ang noo. Halatang inisip niyang mabuti ang nangyari at kung paano siya napunta dito sa bahay.

**"Jay? Can I have a glass of water?"** Hiling niya sakin.

Mabilis naman akong tumayo at lumabas ng kwarto. Lakad takbo ang ginawa ko para bago makababa ng hagdan. Nagdahan-dahan lang ako ng makita kong magka-usap si Kuya at Aries sa may sala. Sinenyasan pa ko ng kapatid ko ng '*bakit*' ng makita niya ko.

Sumenyas naman ako ng tubig gamit ang kamay. Tumango siya at dumiretso ako sa kusina ng hindi napapansin ni Kuya Angelo.

Isang pitsel na ang kinuha ko kasama ng tatlong baso. Mabilis akong bumalik sa kwarto ko ng hindi pa rin nililingon ng mga nasa sala. Pagdating ko tahimik lang naman ang tatlo.

Binigyan ko ng tubig sa baso si Yuri at tinanggap naman niya.

**"Wala ba kayong pagkain? Nagugutom na ko."** Tanong ni Percy habang nagpapagulong-gulong sa kama.

*Babalik na naman ako sa kusina.*

**"Sana sinabi mo kanina."** Inis na sabi ko at lumabas ulit ng kwarto.

Balik na naman ako sa kusina para humanap ng ipapakain sa step brother kong ugok. May nakita akong cake at carbonara. Yon nalang ang kinuha ko kasama ng plato at tinidor. Tangay-tangay ko ang mga yon pagbalik sa kwarto.

Tamihik na naman ang tatlo pagdating ko. Agad namang lumantak ang walanghiya kong kapatid. Samantalang nanatiling tahimik ang dalawa.

**"May gusto ka bang kainin Yuri?"** Tanong ko.

**"Maybe a soup."**

Napakurap-kurap ako. Hanep! Magluluto pa ko ng soup. Ayoko namang tumanggi at nakakahiya.

**"S-sige."** Hinarap ko ang Hari ng mga Ulupong. **"Ikaw? Anong gusto mong kainin?"**

**"Ika—."**

Agad kong pinutol ang sasabihin niya. **"Hindi ako pagkain!"**

**"Pizza."**

Napanguso ako. Mabilis akong lumabas ng kwarto at dumiretso ng kusina. At dahil hindi ko alam kung paano magluto, pinuntahan ko ang mga kasambahay para makiusap.

**"Manang, home made pizza lang tsaka sopas."** Pakiusap ko.

Napakamot siya sa ulo. **"Malapit na kayong maghapunan eh."**

**"Gusto ko muna magmiryenda."**

Wala siyang nagawa kundi ibigay ang hinihiling ko. Natagalan nga lang ang paghahandang ginagawa niya dahil pati hapunan inaasikaso na niya.

Habang naghihintay bigla nalang pumasok ng kusina si Kuya kasunod si Aries. Natigilan kami pareho.

**"Ano yan Manang?"** Tanong ni Kuya.

**"Pizza po. Pagawa ni Miss Jay-jay. Miryenda daw po niya."**

Pinagtaasan niya ko ng kilay. **"Tanggap naming matakaw ka pero hindi ka namin tatanggapin kung magiging 70kilos ka."**

*Ay grabe!*

**"Wala pa naman akong 60kilos."**

**"Kailan ka huling nagtimbang?"**

Napailing ako. **"Hindi pa."**

**"Kaya hindi mo pa alam na muka ka ng 60kilos."** Sabi niya at napanganga ako.

Hinawakan ko ang bilbil ko. Wala pa tong 30kilos. Muka lang mabigat ang dala ko pero magaan to. Natutupi ko nga to. Kaya ko pa ngang mag-ipit ng barya habang naglalakad.

*Special talent.*

**"Bahala kang tumaba dahil sa katakawan mo."** Sabi ni Kuya at tumalikod na.

Mabuti nalang at umalis na din siya. Sakto namang tumunog ang oven. Luto na ang pizza'ng pinaluto ko at pati na rin ang sopas. Dahan-dahan ko yong dinala sa kwarto ko.

Hindi pa man ako nakakapasok naririnig ko ang pag-uusap ng tatlo sa loob. Kaya ng buksan ko ang pinto expected ko na naguusap-usap pa rin sila pero naging tahimik sila at kulang nalang magkaroon ng kuliglig.

*Bakit pakiramdam ko may ayaw silang iparinig sakin?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 345

**A/N:** nahihirapan ako lately. Sorry kung pati pagsusulat ko nadadamay. Gustong-gusto ko na matapos to. Na-o-overwhelme ako sa gawain wala tuloy ako masimulan.

**Game of friendship**

***Jay-jay's POV***

May tinatago talaga sila sakin.

Hindi ko tuloy maiwasan na hindi maintriga. Gusto ko din malaman kung tungkol saan yon. Pero may kutob na ko na tungkol yon sa nangyari kay Yuri.

**"Thank you Jay. Masarap ang soup."** Sabi ni Yuri at ngumiti sakin.

Kinuha ko ang mangkok sa kanya ng mapansin kong wala ng laman. Binaba ko yon sa study table ko.

Napatingin ako sa Hari na pasimpleng nakabantay sakin mula pa kanina. Kahit sa bawat pagnguya niya nakatingin pa rin siya sakin.

*Matanggal sana ngipin niya.*

**"May gusto pa ba kayong kainin?"** Walang buhay kong tanong.

**"Nothing. Baka mahalata ni Angelo kung lalabas ka na naman."** Sagot ng Hari.

Tumango ako at sumandal sa study table ko habang nakahalukipkip. Palipat-lipat ang tingin ko sa kanilang tatlo. Hindi ako natutuwa na hindi nila ako sinasama sa usapan.

Kahit ano pa man yan, mahalaga para sakin na malaman ang totoo. Wala akong paki kahit delikado. Sanay naman akong masangkot sa gulo.

**"Dalia... Baby sister. Tulog ka na, wag mo na ko hintayin."** Sabi ni Percy sa kausap niya sa cellphone habang nakahiga.

**"Kasama ko si Ate Jay-jay. Andyan ba si Kuya Felix?"**

Gusto ko tumawa ng malakas sa paraan ng pagsasalita niya. Ang lambing niya kasi kay Dalia kahit hindi naman niya kaharap.

**"Sleep na Baby, bukas ibibili kita ng talking doll. Chucky ang pangalan."** Dagdag niya at pasimple ko siyang hinampas kaya napatingin siya sakin.

Pinandilatan naman niya ko bago tuluyang magpaalam sa kausap.

Hindi ko itatanggi na matingin talaga si Percy sa kapatid. Mula kay Felix, sakin at kay Dalia lagi niyang sinisiguro na okay kami. Hindi naman siguro siya mapupunta dito kung wala siya paki sakin.

**"I'm bored."** Dinig kong sabi ng Hari. **"Do you have anything to play with?"**

Sandali akong nag-isip. **"Meron akong Uno cards."**

Bahagya siyang umayos ng upo. **"That will do. Let's play cards."**

Kinuha ko naman ang Uno card sa drawer ng study table ko. Inabot ko yon sa Hari at lumapit naman sila Yuri at Percy samin.

**"Okay ka na ba?"** Tanong ko kay Yuri.

Tumango siya at ngumiti. **"Okay na ko. Magaling kang mag-alaga eh."**

**"Baka gusto mo ulit magpaalaga sa kaniya?"** Tanong ng Hari sabay turo sakin. **"Sapakin kita?"** Alok niya na parang nag-aaya lang kumain.

Agad ko siyang hinampas para patigilin. Mahina namang tumawa si Yuri habang napapailing.

*Parang hindi nag-aalala sa kaibigan.*

**"Alam niyo bang laruin yan? Pang-smart kids lang yang laro na yan."** Singit naman ni Percy at naupo sa sahig.

Naupo na din si Keifer at Yuri kaya ganon na din ang ginawa ko. Habang binabalasa ng Hari ang mga cards bumukas ang pinto at pumasok si Aries.

**"No good. Sa sala siya nag-stay habang may ginagawa sa laptop."** Bungad niya samin.

**"Okay, madaling araw na tayo makaka-uwi."** Sabi ng Hari at tumingin sakin. **"Tabi tayo matulog."** Dagdag niya at kumindat.

*Gago to!*

Napangiwi ako. **"Asa! Hindi ako matutulog."**

**"At wala ka ding tatabihan."** Singit ni Aries at naupo sa tabi ko.

Naka-paikot kami habang nasa gitna ang mga cards. Ako, si Percy sa kanan ko, si Aries sa kaliwa at sa tabi niya si Yuri at si Keifer na panay ang tingin sakin.

**"Do I still need to explain the rules?"** Tanong ng Hari at umiling naman kami.

Nagsimulang magbaba ng bahara na number 4 na pula ang nakalagay. Sunod-sunod kaming nagbaba ng pula card na may iba't-ibang numero. Hanggang sa mag-iba ang kulay ng card.

Nagtuloy-tuloy ang laro namin na inabot din ng ilang oras. Ilang beses nanalo si Percy na sa tingin ko ay nandadaya. Makakailang ulit ding nag-uno si Yuri at Keifer pero laging may nagbababa ng 4 cards para sa kanila. Isang beses palang akong unang nanalo at si Aries naman ay naka-tatlo.

At ng dahil sa laro na to. Napatunayan kong may nagkakapikunan talaga.

**"You cheated!"** Inis na bintang ni Keifer kay Percy.

*Hindi lang ako ang nakakapansin.*

**"Muka mo cheated."** Pambabara naman nitong isa.

**"Dalawang card kinuha mo kanina."** Patunay ni Aries.

**"Bintang pa, hindi niyo lang tanggap na mga talunan kayo."** Mayabang na sabi niya at binaba ang isang card. **"Uno."**

**"Ang bilis naman!"** Reklamo ko. **"Dalawang card yata binaba mo!"**

Hindi siya sumagot at ngumisi lang ng mayabang sakin. Malapit-lapit na kong mapikon sa ginagawa niya pero may tamang panahon para gumanti sa kaniya. Binaba ko ang reverse card at mukang iba ang kulay ng hawak niyang card dahil napilitan siyang bumunot ulit.

Sumunod si Keifer na nagbaba ng baraha pero nagbaba naman si Yuri ng reverse card. Bumalik na naman sa Hari at nagbaba naman siya ng baraha na may apat na card na drawing. Napasibangot si Percy.

At mukang hindi na siya makapang-daya ngayon. Hanggang sa sunod-sunod kaming nag-uno at siya ang natalo.

**"Ang bobo niyo kalaro."** Inis na sabi ni Percy at binato ang mga baraha.

**"Pikon."** Sabi ni Aries at inirapan siya.

**"One more."** Aya ulit ni Keifer. **"Matalo may batok na."** Sabi niya at tumingin ng makahulugan sakin.

Napatingin naman ako kay Aries na nakatingin din sakin at kay Yuri. Iisa lang kami ng nasa isip. Pare-pareho lang naming gustong matalo si Percy'ng tukmol. Dapat hindi siya makakapang-daya.

*Tignan ko lang husay mo.*

Binalasa ang card at kinalat samin. Ganon nalang ang ngiti ko ng makita ang card ko. Maraming akong magagamit pangganti sa step-brother kong ipo-ipo.

Nagsimula ang laro at hindi nagtagal natapos din sa pagkatalo at pagtupad ng plano namin. Yun nga lang mukang hindi maganda ang resulta non sa kanya.

**"Dinaya niyo ko!"** Inis na sabi niya.

**"Natalo ka lang ng maayos."** Sagot naman ni Aries sa kanya. **"Walang dumadaya sayo."**

**"Ha! Halata naman itatanggi mo pa!"**

**"Wala naman talaga nandaya samin."** Pagtatanggol ko. **"Ginusto ka naming matalo pero walang nandaya samin."**

Dinuro niya ko. **"See? Lumabas na rin sa bibig mo! Gusto niyo kong matalo!"**

**"Easy ka lang, laro lang to."** Awat ni Yuri.

**"Simpleng laro nga lang to pero dinadaya niyo pa."**

**"No one cheated here but you."** Kalmadong sagot ng Hari.

**"Tapos sakin mo ituturo ang bintang? Ang galing mo dyan!"** Sarcastic na sabi ni Percy.

Mukang hindi talaga maganda epekto ng pagkatalo sa kaniya. Halatang pikon na pikon siya.

*Dahil sa UNO, mukang may magsasapakan.*

**"Huminahon ka nga."** Awat ko sa kanya. **"Sobra naman yata ang galit mo sa pagkatalo mo."**

Pinulot ko isa-isa ang mga cards na nagkalat sa harap namin.

**"Sige. Pagtulungan niyo ko! Ganyan naman kayo! Ayaw niyo pang aminin na ayaw niyo sakin!"** Sabi niya na nagpatigil sakin.

**"Saan naman galing yan?"** Taas kilay na tanong ni Aries.

**"Bakit? Hindi ba? Now I'm no longer surprise why you never look for me after the accident."** Seryosong sabi ni Percy at kita ko ang guhit ng sakit sa mga mata niya.

**"Pinahanap kita. I spent millions just to look for your dead body."** Seryosong sagot ni Keifer na kinabahala ko.

Mukang mauuwi nga sa away ang simpleng laro ng UNO cards. Hindi naman pumasok sa isip ko na aabot sa ganito.

**"Of course you won't find me because I'm not dead!"**

**"Pinahanap ka din namin sa mga ospital."** Dagdag ni Yuri. **"Pero wala ka."**

**"Paanong paghahanap ba ang ginawa niyo? Araw lang ang binilang bago ako nahanap ng Nanay ko!"**

**"Baka yun ang dahilan kaya hindi ka namin nakita. Dahil naunahan niya kami."** Tingin ni Aries at tumingin sa kanya si Percy.

**"Baka kasi hindi niyo talaga ginawa ang lahat!"**

Hindi ko maiwasang hindi mainis sa mga sinasabi niya. Paanong nauwi sa ganito ang simpleng laro lang ng baraha?

**"Hindi naman kasi ako ganon kahalaga sa inyo!"** Dagdag pa niya.

**"Ipagluluksa ka ba namin kung hindi ka mahalaga?"** Inis na sabi ni Aries.

Pekeng tumawa si Percy. **"Syempre namatay kaya ipagluluksa."** Pamimilosopo niya.

**"What makes you think that we don't value our friendship with you?"** Iritang tanong ni Keifer.

**"Hindi ba obvious? Ginusto niyo din akong mawala para mapalapit kayo kay Freya, kay Felix at sa pamilya ko! Ginusto niyo silang kuhanin sakin!"**

**"Inasikaso namin sila dahil yun ang binilin mo bago ka mawala."** Mahinahong paliwanag ni Yuri.

**"Pero inabuso niyo sila! Anong nangyari kay Freya? Bakit natutong makipag-away si Felix at wala siya sa basketball team ng school? At si Mama? Hindi siya makatanggi kay Keifer dahil nahihiya siya sa binigay mong tulong!"**

Inisa-isa niya ang tatlong nasa tabi ko. Naguguluhan ako sa mga sinasabi niya pero alam ko naman ang mga tinutukoy niya.

Minsan ng nabanggit ni Felix na si Keifer ang nagbigay ng trabaho sa Mama niya. Alam kong alam ni Percy ang nasa pagitan ni Yuri at Freya. Hindi malinaw sakin pero alam kong si Aries din ang dahilan kung bakit natanggal si Felix sa basketball team at nakabalik nung Festival sa tulong ko.

Mukang minasama ni Percy ang mga ginawa nila sa pamilya niya at kay Freya. Hindi ko naman siya masisisi. Nakakasama talaga ng loob kapag wala kang kontrol sa nangyayari sa pamilya mo, lalo na sa kalagayan niya noon.

Nakaramdam ako ng kaunting awa sa kanya. Pero kung ilalabas man niya ang sama ng loob niya, hindi sana sa ganitong paraan.

**"Ano ka ba? Bakit naungkat ang nakaraan niyo dito? Naglalaro lang tayo ng UNO cards."** singit ko sa kanila bago pa lumala ang away nila.

Pare-pareho silang natahimik. Napahilamos ng muka si Percy at umiwas ng tingin. Tumayo siya at naisipang mahiga sa kama ko. Nagkumot pa siya hanggang leeg.

**"Gisingin niyo nalang ako kung uuwi na."**

Tinignan ko si Aries na napabuntong hininga. Ganon din sila Yuri at Keifer. Tinuloy ko nalang ang pagliligpit sa mga baraha. Mas mabuting tumigil na kami sa paglalaro. Baka panibagong sama ng loob ang lumabas.

Binalik ko na ang cards sa drawer ng study table ko ng may marinig kaming kumatok. Pare-pareho kaming nagtinginan. Pati si Percy na nakahiga, napabangon.

**"Jay-Jay?"** Boses ni Tita Gema. **"Andyan si Aries di ba? Papasok ako."**

Nataranta kaming lahat. Agad ko silang sinenyasang magtago. Nagtalakbong ng kumot si Percy pero halata pa rin siya. Binalak pumasok ni Keifer sa kabinet ko pero dahil tambak ang damit wala siyang nagawa. Sinilip ni Yuri na pumasok sa ilalim ng kama pero masyadong mababa at hindi siya kasya.

Nasabunutan ko nalang ang sarili kong buhok. Kumatok ulit si Tita at mas lalo kaming nataranta.

**"Jay? Buksan mo. Naka-lock ang pinto."**

**"S-sandali lang po Tita."**

Agad tinuro ni Aries ang banyo kaya nagtakbuhan sila don. Muntik pang madapa si Percy pero nakatindig din agad.

Nang masigurong nasa loob na sila tsaka ko palang binuksan ang pinto para kay Tita Gema. Nasa tabi ko si Aries na sinalubong siya.

**"11PM na hindi na kayo nakapaghapunan."** bungad niya samin.

Kaya pala kumakalam ang sikmura ko. Nawili kami sa paglalaro hindi ko namalayan ang oras. Buti nalang hindi nagwala alaga ko sa tyan.

*Anaconda pa naman yon.*

**"Sorry, we're playing cards and didn't notice the time."** Kaswal na sabi ni Aries.

Samantalang ako ang tindi ng kaba sa dibdib dahil baka mahuli ang tatlong ugok sa banyo ngayon. Pawis na pawis tuloy ang palad ko.

**"Meron pang pagkain sa kusina kung gusto niyo pang kumain. Isama niyo na rin mga bisita niyo."** Sabi ni Tita na nagpalaki ng mga mata ko.

**"W-what?"** Takang tanong ni Aries.

**"Umalis si Angelo, sinundo ng kaibigan. Hindi niyo na sila kailangang itago."** Dagdag niya at ngumiti.

Hindi ko alam kung anong dapat kong isagot. Nakatanga lang ako habang pinagmamasdang umalis si Tita Gema.

Mukang hindi na namin kailangang magtiis dito sa kwarto ko. Napatingin naman ako kay Aries at ganon din siya sakin. Mukang iisa kami ng iniisip.

Siya na ang nagpunta sa banyo para palabasin ang tatlo. Inayos ko naman ang mga pinagkainan nila para mailabas ko na rin.

**"Sigurado ka? Safe na?"** Tanong ni Percy habang palabas ng banyo.

**"Oo, kulit."** Sagot naman ng kapatid ko.

**"Akala ko dito na ko matutulog. Sayang."** Sabi ni Keifer at napangiwi ako.

*At ginusto rin niya. Siraulo!*

**"Maybe I should leave. Nakakahiya na. Ang laki na ng abalang ginawa ko."** Bungad ni Yuri sakin paglabas niya.

**"Kumain ka muna ng hapunan. At isa pa yung damit mo nasa laundry pa."** Sagot ko tsaka siya napatingin sa damit niya.

**"Kapag hindi masarap ang ulam, magre-reklamo ako."** Sabi ni Percy bago ako lagpasan.

Tinangka ko siyang tisudin pero nakaiwas siya. Nagawa pa niyang mag-make face sakin bilang pang-asar.

*Bwisit to!*

Sumunod na ko sa kanila dala ang tray at pinagkainan nila kanina. Dumiretso kaming lahat sa kusina. Binaba ko sa lababo ang hawak ko bago lumapit sa refrigerator para tignan ang pwedeng kainin.

Lumapit din si Aries sakin at nakitingin-tingin din. Dahil late na, okay lang siguro na hindi na magkanin. Kaya naman pinuntirya ko agad ang sansrival na nakita ko pero hinampas ng katapid kong kapalaran ang kamay ko.

*Aw. Sakit.*

**"Magluto nalang tayo. May ham sa freezer."** Sabi niya at binuksan ang freezer.

Napanguso ako bago magsalita. **"Ako magluluto."**

**"Definitely not a good idea."** Mabilis na kontra ni Keifer.

**"Hindi ko pangarap kumain ng sunog."** Inis na sabi ni Percy.

**"Baka kasi... Kami nalang siguro."** Alanganing sabi ni Yuri.

**"Magpagawa ka muna ng sarili mong kusina."** Sabi ni Aries at hinatak ako palayo sa ref.

Pinatayo niya sa isang sulok na para manikang de-susi. Napakurap-kurap ako bago makaramdam ng hiya. Pakiramdam ko napaka-sama kong magluto at ganon nalang ang pagtataboy nila sakin.

Marunong ako magluto, wag lang talaga maglalaro o kaya makakalimutan ang nakasalang.

*Aksidente yon!*

Silang apat ang nag-asikaso ng lahat kaya pinanood ko nalang sila. Sa unang pagkakataon nakita ko silang magkakasama na hindi nag-aaway-away. Kaswal din silang nag-uusap na parang normal na magka-kaibigan.

Napangiti ako. Ang saya siguro kung magkakasundo ulit silang apat. Alam ko namang nami-miss din nila ang isa't-isa. Hindi naman nila dadalhin ang galit hanggang ngayon kung walan pa rin silang pinanghahawakan sa nakaraan.

**"Anong juice gusto mo Jay?"** Alok ni Yuri habang nagti-timpla sa pitsel.

**"Manggo flavor."**

**"Magkakanin ka pa?"** Tanong ni Aries.

**"Hindi na."**

**"My chicken curry pa, gusto mo?"** Tanong sakin ni Percy.

**"Sige."**

**"Would you like me as your dessert?"** Ngiting gagong tanong ng walanghiyang Keifer.

*Ay gago!*

**"Si Keifer nga oh!"** Sumbong ko sa tatlo at sunod-sunod ang pagmumura nila sa kanya.

Mahinang tawa lang lang naman ang sinagot ng sira-ulong Hari ng mga Ulupong. Wala talaga paki sa sasabihin ng iba ang walanghiyang to. Basta mabuska lang kapwa niya at masiyahan siya.

*Walang pagdududa, siya talaga ang hari.*

Napapalakpak ako ng makitang tapos na si Yuri. Hinanap niya ang mga plato at baso na tinuro ko naman sa cupboard. Inisa-isa niya yon.

**"Pakidala sa dining."** Utos ni Aries.

Sumunod naman si Yuri. Maya-maya lang ay tumunog na ang microwave, tapos ng initin ang ulam na nilagay ni Percy. Siya naman ang nag-ayos non at sumunod kay Yuri sa dining. Ganon din ang ginawa ng kapatid ko at ng tukmol na Hari dala ang mga hinain nila.

Napalakpak ako habang sumusunod sa kanila. Nakaayos na ang hapag kaya agad akong naupo.

**"Excuse me. Bakit ka nga pala kakain? Anong ambag mo dito?"** Pigil sakin ni Percy.

Napakurap-kurap ako. **"Ang kapal ng muka mong makikain dito tapos ako hindi mo papakainin?"**

Narinig ko ang mahinang pagtawa ni Yuri. **"Kain na Jay."** Inabot niya sakin ang plato at nilagyan ng juice ang baso bago ilapag sa harap ko.

Inirapa ko si Percy bago magsandok at magsimulang kumain. Tatanungin ako kanina kung anong gusto ko tapos itatanong kung anong ambag ko. Abnormal talaga.

Nagsimula na rin silang kumain. Halos walang nagsasalita sa kanila. Hindi rin sila nagpapalitan ng tingin kaya kinuha ko ang pagkakataon para pagmasdan ulit sila.

Meron akong nasisilip.

*Nasisilip ko ang cleavage ni Yuri. Meron pala siya non? Dinaig ako.*

Meron akong nasisilip na pag-asa sa pagkakaibigan nila. Pwede pang maibalik yon. Siguro kailangan lang nilang magkalinawan o magkapatawaran. Lalo na si Percy kay Yuri, si Keifer kay Aries, si Aries sa kanilang lahat. Basta maging seryoso lang sila at bukas sa paliwanag ng isat-isa.

Napangiti ako sa naiisip ko.

**"Anak ng..."** Dinig kong sabi ni Percy. **"Ngumingiti mag-isa. Ano ka? Baliw na?"**

**"Eat a lot. Resulta yan ng gutom."** Sabi ni Aries at nilagyan ng pagkain ang plato ko.

**"Maybe you need water."** Sabi ni Yuri at nagsalin ng tubig sa baso.

**"Or maybe you just need my kiss."** Si Keifer na akmang lalapit sakin.

Agad kong inamba ang paa ko pasipa sa kaniya kaya napahinto siya.

**"Meron lang akong iniisip, baliw agad?"** Inis na sabi ko.

Mahina silang nagtawanan. Pero sa halip na magalit mas natuwa pa ko. Walang bangayang nagaganap. Basta magkakasundo sila gumagaan ang tensyon sa pagitan nila. Pero baka hindi pa sapat yon. Baka dapat mas lumalim ang pinagkakasunduan nila. Kagaya ng nangyaring pagliligtas nila sakin non kay Sato.

*Kidnapping ulit.*

Ay ayoko non. Nakakapagod makidnap buti sana kung may libreng pagkain o kaya pamiryenda tapos ang init pa. Minsan itatali pa, eh ang sakit-sakit non sa kamay.

Si Keifer-kwanan lang yata ang maayos na kidnapping. Namigay pa nga ng isla. Dapat ganon, may souvenir na binibigay.

Natapos kaming kumain at niligpit na ang mga ginamit namin. Dala ko ang pinakainan ko at binaba sa lababo sa kusina. Patalikod na ko ng hampasin ni Percy ang likod ko. Mabilis akong napangiwi.

**"Aray ko naman!"** Reklamo ko sa kanya.

**"Ikaw maghugas."** Sabi niya.

**"Bakit ako?"**

**"Ikaw lang walang ginawa."** Sagot ni Aries bago ibaba ang mga hawak niyang plato. **"Kami na nagluto."**

**"May ginawa ako."**

Tinignan nila ko at halatang hinintay ang isasagot ko.

**"Kumain ako. Pwede ng ambag yon."** Sagot ko at ngumiti.

Mabilis akong nakatanggap ng pitik sa noo at ilong galing sa dalawang kapatid ko.

*Sabay pa talaga.*

**"Maghugas ka na."** Utos ni Aries at tinalikuran ako.

Sumunod naman si Percy sa kanya.

Nakanguso akong lumapit sa lababo at hinanap ang sponge. Medyo marami-rami din akong huhugasan.

Lalagyan ko na sana ng liquid soap ang sponge pero may umagaw sa kamay ko.

**"Let me help you."** Sabi ni Yuri. **"Ikaw nalang magbanlaw."**

Tumango naman ako. **"Sige-sige."**

Naramdaman ko ang pagtabi ni Keifer sakin at ng tignan ko siya may hawak na siyang malinis na basahan para sa mga plato.

**"I will help you too."**

**"Sige."**

Si Yuri ang nagsabon ng nga ginamit namin. Ako naman ang taga-banlaw at ang Hari ang taga-punas para matuyo. Walang kumikibo samin kaya mabilis naming natapos ang paglilinis.

**"Done."** Sabi ng Hari at kumindat pa sakin.

Inirapan ko naman siya. Lumakad na ko papuntang sala at sumunod naman sila sakin. Saktong naabutan naming nag-uusap si Percy at Aries na matay naman siyang sungitan.

**"What now? Pwede na ba kong umuwi?"** Tanong ni Percy.

**"Please lang, lumayas ka na."** Sabi ni Aries.

**"Kuwari ka pa, alam ko namang ayaw mo kong umalis."** sagot namang ng walanghiyang stepbrother ko.

*Saan kaya humuhugot ng kapal ng muka to?*

**"In your dreams."**

**"Kailangan ko na ding umalis."** sabi ni Yuri kaya napatingin kami sa kanya.

**"Sigurado kang kaya mo na?"** tanong ko at tumango siya.

**"Thank you Jay. Kahit ang laking abala nitong ginawa ko inasikaso mo pa rin ako."**

**"Ayos ka lang. Mas mag-aalala ako kung sa ibang bahay ka nagpunta at ganito ang din ang mangyayari sayo."**

**"Nakakapag-alala talaga, lalo kung sa bahay ni Freya siya napunta."** parinig ni Keifer sabay irap.

Agad ko siyang siniko para patahimikin. Ganon nalang ang takot ko ng mag-iba ang ekspresyon ni Percy. Kulang nalang tumapos na siya ng buhay ng ibang tao dahil sa galit sa mga mata niya.

**"Alis na ko. Baka may magawa lang akong hindi maganda."** sabi ni Percy at tuloy-tuloy na naglakad palabas ng bahay.

Tatawagin ko pa sana siya pero mabilis ang hakbang niya paalis. Halatang ayaw papigil.

Tinignan ko ng masama ang Hari ng mga Ulupong. **"Yang bibig mo!"** Inis na sabi ko.

**"Halikan mo."** sagot niya at halos maputol ang pisi ng pasensya ko.

*Tangina talaga!*

**"Pwede na kayong umalis. Baka bumalik na si Kuya."** sabi ni Aries at tumalikod na para pumasok sa loob.

Ihahatid ko pa sana sina Yuri pero hinawakan niya ang kwelyo ng damit ko para batakin ako palayo kasama niya.

**"Leave."** Dagdag pa ng kapatid ko.

Pagkaway nalang ang tanging nagawa ko habang pinagmamasdan ang pag-alis ng dalawa.

Binitiwan lang ako ni Aries ng malapit na siya sa pinto ng kwarto nya. Nagtuloy nalang ako sa kwarto ko para hanapin ang cellphone ko at matext si Yuri.

Mabuti nalang at agad ko ding nakita.

**To:** *Pres. Yuri*

**Message:** *Engwats phwease! nhand!tho lhungs kam!ng fw3nds mowhhs 4 yah.*

(Ingat please! nandito lang kaming friends mo for you.)

Kahit hindi ako sigurado kung dala ba niya ang cellphone niya sinend ko pa rin.

Sana maging okay lang si Yuri. Natatakot ako na baka sa susunod, sariling dugo na niya ang umaagos sa kanya pagharap niya sakin.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 346

**A/N:** sorry kung dalawa lang. Na-zone out ako ng worthless ni Jonaxx.

Hopefully makabawi na ko.

**Tarsier**

***Jay-jay's POV***

Sa wakas, Friday na. Mapapahinga ako sa dalawang araw na weekend. Hindi ko kailangang tiisin ang muka ng hayop na Keifer-kwanan.

**"Jay."** tawag niya sakin at napangiwi ako.

**"Ano ba?"** inis na sagot ko.

Hinarap niya sakin ang hintuturo at hinalalaking magka-cross. Finger heart yata ang tawag sa ginagawa niya sabay kindat sakin.

Kita ko ang pagtawa nina Felix, Edrix, Eman, Eren at Calix. Para silang kinikiliti sa pwet sa ginagawa nila.

Napakurap-kurap ako dahil sa kawalang-interes sa ginagawa ng hayop na kumag na tukmol na sira-ulo na gago na tarantado na walang-hiya na hudas na barabas na estas na nikolas na Hari ng mga kapwa niya Ulupong.

**"Yang layo mo na yan, abot ka ng sapatos ko kapag binato kita."** sabi ko bago sila talikuran.

Malakas na tawanan naman ang narinig ko sa mga kasama niya. Sunod-sunod naman silang minura ni Keifer.

**"Dapat kasi may pagkain sa gitna ng daliri mo."** dinig kong sabi ni Eman. **"Tignan mo kikiligin yan."**

Nagtawanan na naman sila. Mukang maligaya silang buskahin ako at talagang dinamay pa nila ang Hari nila. Napatingin ako sa pinto ng pumasok si Ci-N na parang lumong-lumo.

**"Nakita mo si Drew?"** bungad niya sakin.

Umiling naman ako. **"Wala pa siya. Bakit?"**

**"Nadagdagan utang niya sakin. Wala na nga akong pera nautakan pa ko."** inis na sabi niya at padabog na naupo sa bangkuan niya.

*Kawawa naman.*

**"Magkano nakuha niya sayo?"**

**"Piso."** sagot niya na parang iiyak.

Daig pa niya nasadlak sa matinding pagsubok habang binabanggit ang salitang piso. Parang nawalan siya ng daliri at katapusan na ng buhay niya.

*Piso palang yan, paano kaya kung siya ang nautangan ng 5000?*

**"Balik na naman sa 8pesos utang niya sakin."**

**"Hiyang-hiya naman akong hindi pa rin nababayaran."** halos pabulong kong sabi pero hindi naman niya ko pinansin.

**"Jay-jay, wala na kong pera. Naubos ko na kakabili ng mga bagong laro."** maluha-luha pa siya habang tinitignan ang palad na parang pinapanood ang imaginary money niya. **"Kawawa naman ako."**

Wala siyang kontrol sa pera. Kung hindi niya pinaglalaanan hindi niya pagkagastusan pero kung ang gusto niya ang bibilin, ubos kung ubos ang pera niya. Hindi pa talaga siya pwedeng maging indipendent. Parang malaki ang galit niya sa pera kapag nahawakan niya.

**"Pakiramdam ko isa na kong hampas-lupa."** dagdag niya pa bago dumukdok sa lamesa niya at bumulong ng bumulong.

Dahil lang sa nautangan siya ng panibagong piso mukang umandar na naman ang pagkabaliw niya. Ramdam na ramdam niya ang hirap sa bawat kusing na nagkukulang sa kaniya.

**"Piso palang yan. Bibigyan nalang kita."** Sabi ko at akmang dudukutin ang wallet sa bag pero biglang tumaas ang ulo ni Ci.

**"Parating si Dabid."** Sabi niya na parang radar na radar ang presensya ni David. **"Palibre tayo."**

Napangiti naman ako sa narinig ko kasunod ng pagtango. Agad kaming tumayo at lumabas ng room para salubungin ang kalaban ni Gulayat.

Nakababa na kami sa ground floor ng matanaw namin ang pakay. Kinawayan namin siya.

**"Dabid!"** Sabay naming tawag.

Napakamot siya sa ulo. **"Papalibre kayo?"**

Tumango naman kami. Napabuntong hininga siya bago mag-aya papuntang cafeteria.

Hindi pa nga lang kami nakakalayo ng may tumawag sa pangalan ko. Nilingon namin yon at ang palapit na Rory ang sumalubong sakin.

**"Saan punta niyo?"** Tanong niya habang hinahawakan ako sa braso. **"Hiramin ko lang si Jay-jay sandali."**

Hindi na ko nasagot ng hatakin niya ko palayo. Panay pa ang lingon niya sa paligid na parang may hinahanap. Napapasibangot nalang ako dahil para siyang timang.

**"Ano ba?"** Inis na sabi ko sabay agaw ng braso ko.

**"Nakita mo kung nandyan na si Freya?"**

Umiling ako. **"Mukang wala pa. Madalas yon tumatambay muna sa harap ng main building kasama ng alipores niya."**

Napatango namam siya. **"Sige. Abangan natin siya tapos bigay mo to."**

Binuksan niya ang bag at nilabas ang maliit na teady bear na may yakap na isang pirasong rose na pink. Nilabas din niya ang pamatay na love letter.

Napangiti naman ako ng makita ang cute na teady bear. Buti pa siya may magbibigay. Mero kasi akong kilala nakarating na ng London wala man lang pa-teady bear.

*May isla naman.*

Inayos ko ang mga pinapaabot ni Rory. Sinilip-silip naman niya ang parking at ng matanaw ang kotse ng bruha, tinulak niya ko.

**"Aray naman..."** Reklamo ko pero inudyukan lang niya kong maglakad na.

Napanguso ako bago lumapit sa kakaparada lang na sasakyan ni Freya. Hinintay ko siyang bumaba at ng makita niya ko mabilis siyang napairap na para bang nasira na ang araw niya.

**"What now?"** Inis na tanong niya sakin.

**"Para sayo daw."** Sabi ko sabay abot ng teady bear at sulat.

Kinuha naman niya at pinagmasdan ang teady bear. Nakita ko ang pagsilay ng ngiti sa labi niya pero mabilis din niyang binawi.

**"This is so corny."** Komento niya sagot niya sakin at nilagpasan ako.

*Korni pero ngumiti.*

Hinintay ko siyang mawala bago ko lapitan si Rory. Nag-thumbs up ako sa kaniya.

**"Akala ko ayaw niya. Laki ng sibangot sa muka."**

**"Lagi naman ganon muka non."** Sagot ko at naglakad na.

Nakasunod naman siya sakin. Mabuti nalang at hinintay ako ng dalawang Ulupong.

**"Saan kayo galing?"** Tanong ni Ci-N.

**"Dyan lang. May diniliver lang."** Sagot ni Rory. **"Saan kayo pupunta?"**

**"Cafeteria."** Si David ang sumagot.

Kita ko ang pagngiti ni Rory. **"Manlilibre ka? Damay mo na ko."**

*Ay kapal.*

Hindi pa nakakasagot si David pero naakbay na kagad siya at nagpaunang naglakad papuntang cafeteria. Kita ko ang pagsibangot ni Ci-N.

**"Kapal nito. Dabid wag mo lilibre yan."** Sabi ng batang kumag.

Nilingon siya ni Rory at nagbelat lang sa kanya. Akala ko mag-aaway pa sila buti nalang at abot tanaw na namin ang pakay. Dahil maaga pa sobrang dalang ng mga istudyanteng pumapasok sa loob.

Mabilis na bumitaw si Rory at lumapit sa harap pero nakipag-unahan sa kanya si Ci. Muntik pa silang magtulakan.

**"Gusto ko po shake!"** Bungad ni Ci sa tindera.

**"Manang, coke nga po 1.5 litre."** Si Rory habang hinahatak palayo si Ci.

Napanguso ako. Napaka-aga para sa 1.5 litre na coke. Ano ba sikmura nito? Mukang may lamang halimaw.

**"Ang aga naman ng mga Section E na to."** Dinig kong sabi ng isang istudyante sa kasama niya.

**"Wag mo sila pansinin baka pag-initan ka ng mga yan."** Sagot ng kasama niya.

**"As if naman."**

Bahagya akong lumayo sa kanila dahil naiirita ako. Walang takot kasi mag-salita ang isang to baka hindi ako makapagpigil sabakan ko nalang siya bigla.

**"Paano kaya siya nakakatagal?"** Dinig ko sa panibagong istudyante.

**"Iisa lang talaga siyang babae?"** Tanong pa ng kasama niya.

*Ay ako yata ang topic nila.*

**"Oo. Tibay di ba? Baka tomboy."**

**"Baka. O kaya malandi din."** Sagot ng kasama niya at mahina silang nagtawanan.

Nilingon ko sila at tinitigan ng matagal. Sakto namang nakasalubong ko sila ng tingin. Umiwas pa sila nong una pero hindi ko inaalis ang paningin ko at hindi rin ako kumukurap sa anot ng makakaya ko.

**"B-bakit?"** Tanong ng isa sa kanila.

Bigla kong tinaas ang dalawang kamay ko habang nakabaluktot kasabay ng pagtaas ng isang paa. Para akong nag-kung fu sa posisyon ko. Bahagya naman silang nagulat at napaatras.

**"Jay! Sinong kaaway mo? Bakit ka naka-fighting position?"** Tanong ni Ci habang palapit sakin.

Agad namang lumakad paalis ang mga kaharap ko. Kasabay nilang umalis ang iba pang mga istudyanteng bibili sana pero mukang natakot sakin. Nawalan ng tao sa cafeteria maliban samin at mga tindera.

*Takot sila eh.*

Binaba ko ang mga kamay at paa ko. **"Wala. Akala ko kalaban."** Tinignan ko ang mga hawak nila.

Bukod sa coke may mga binili din silang pagkain, kagaya ng hotdog, hamburger at sausage na naka-stick.

**"Ako naman bibili."** Sabi ko at nilapitan si David na nagbabayad sa cashier. **"Dabid! Dabid! Ako pa!"**

Humarap siya sakin at napansin ko ang hawak niyang softdrinks at hamburger. Inabot niya sakin yon at kinuha ang pinabagong inabot ng tindera.

**"Tagal mo, ako na umorder para sayo."** Sabi niya at napangiti naman ako.

*Nice. Nice. Dabid.*

**"Salamat."** Buong galak kong sabi.

Sinimulan ko ng lantakan ang hawak habang naglalakad palapit kina Ci. Natawa pa siya ng makitang nagkalat ang ketchup sa bibig ko.

**"Gutom na gutom?"** Mapang-asar na tanong niya.

**"Hindi naman. Slight lang."** Sagot ko bago kumagat ulit.

**"Balik na tayo sa room."** Aya ni Rory at nagsimulang maglakad palabas ng cafeteria.

Kasunod naman kami. Panay ang nguya namin habang naglalakad. Halos walang makapagsalita ng maayos maliban kay David dahil sa pamumualan ng mga bibig namin.

Hindi pa kami nakakalayo ng tutuluyan ng masalubong namin ang mga Section D. Mapang-asar ang tingin nila samin bago sila huminto at bigla nalang akong tisudin.

Dahil abala ako sa pagkain ko hindi ko napansin ang ginawa nila. Nadapa ako at dire-diretsong tumumba sa sementong daan. Ramdam ko ang pagtama ng ngipin at nguso ko sa sahig.

**"Jay-jay!"** Sigaw nina Ci-N bago ako daluhan.

**"Tarantado ka!"** Galit na sabi ni Rory sa nanisod sakin.

**"Rory!"** sita ni David para patigilin sa balak na pakikipag-away.

Dinig ko ang tawanan at asaran ng mga Section D maging pakikiusyoso ng ibang istudyanteng nakakita sa nangyari.

Unti-unti akong bumangon sa tulong ni David at Ci-N. Nanlumo ako ng makita ang mga pagkain kong langgam nalang ang makikinabang.

*Naiiyak ako.*

**"Gago ang mga yon."** inis na sabi ni Rory habang dinuduro ang papalayong grupo ng Section D.

Kumikirot ang nguso at mga tuhod ko pero mas masakit ang damdamin ko habang pinagmamasdan ang kanakain ko kanina. Halos kakalahati palang nababawas ko.

Unti-unti ko ding naramdamam ang kirot ng katawan ko mula sa pagkakabagsak.

Kusa nalang tumakas ang mga luha ko sa mata at ng mapatingin ako kay David hindi na mapigilang mapa-atungal.

**"Daaabbbiiidddd! Yung pagkain ko!"** Sabi ko habang umaagos ang mga luha.

**"Hala! Jay-jay, wag kang umiyak. Ang pangit mo."** Sabi ni Ci at dinig ko ang pagtawa ni Rory.

*Tangina naman nito.*

**"I'll buy you a new one."** Sagot ni David at pinagpag ang tuhod ko pero mabilis akong napa-aray ng may matamaan siya.

**"M-masakit."** Sabi ko at tinignan ang tuhod ko.

Wala akong nakikitang gasgas o galos pero makirot na sa tingin ko ay galing sa buto.

**"Try to move your knee."** Utos niya na ginawa ko naman.

Matindi ang pag-aray ko kasunod ng pagngiwi. Mukang matindi ang pagkakatama ng tuhod ko. Pinakiramdaman ko din ang siko ko at dun ko napansin ang nagsisimulang kirot.

Lalo akong naiyak dahil sa mga tinamo kong sakit ng katawan. At kasalanan to ng mga pesteng Section D na yon. Ang tagal-tagal na naming walang gulo pero mukang gusto nila ulit ng away sa section namin.

**"Hindi ako makakalakad nito! Daaabbbbiiiddd!"** Atungal ko ulit at napakamot siya sa ulo.

Halatang nalilito siya sa dapat gawin sakin. Samatalang kundi tatawa ay mang-aasar naman tong dalawang kasama namin.

*Salamat! Laking tulong niyo.*

Napatingin kami sa main building ng tumunog ang bell. Simula ng klase pero andito pa rin kami sa labas. Kita ko ang pagtatakbuhan ng mga kapwa namin istudyante.

**"Kailangan na nating bumalik."** sabi ni Rory.

Sinubukan kong ihakbang ang mga paa ko pero mabilis binalot ng kirot ang tuhod ko. Naiiyak na naman ako.

*Yung pagkain ko.*

"There's no time. I'll carry you." sabi ni David at akmang bubuhatin ako.

Bago pa man siya makahanap ng posisyon para mabuhat ako sumampa na ko sa kanya. Nabigla siya at muntik pang matumba pero mabilis nakapagbalanse.

Narinig ko ang malakas na tawanan nina Ci-N at Rory.

**"Amputa! Mukang tarsier."**

Para akong unggoy na kumapit kay David. Hindi ko din alam kung bakit pero mabuti na to kaysa naman igalaw ko ng igalaw ang tuhod ko.

**"Wrong position Jay."** sabi niya at sinubukan akong ibaba pero kumapit ako ng mahigpit.

**"Hindi ako makakagalaw, masakit!"** naiiyak na sabi ko.

Wala siyang nagawa kundi ang ayusin ang pwesto ko at suportahan ang mga binti ko. Hindi ko naman siya masisisi dahil buhat niya ko paharap na parang may buhat siyang sanggol.

Nagsimula siyang maglakad at paminsan-minsan akong sinisilip. Sisinghot-singhot pa rin ako habang tinatanaw ang pagkain ko sa sahig. Hindi man lang kami nagkasama ng matagal. Ngayon kailangan ko ng magpaalam.

*Tarantadong Section D yon. Sinayang pagkain ko.*

Paghakbang ni David sa hagdan paakyat napa-aray ako. Hindi kasi maiwasang gumalaw ng tuhod ko kaya naman pinalupot ko ang binti ko sa bewang niya.

**"This is not really a good position."** sabi niya at ng tignan ko siya pulang-pula ang muka niya.

**"Bakit ka namumula?"** tanong ko at para siyang malalagutan ng hininga.

**"T-too close."** sagot niya at bahagyang nilayo ang muka.

Paminsan-minsan siyang humihinto para buhatin ako ng maayos. Yumakap lang ako ng mahigpit sa kanya at ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso niya.

Sobrang bigat ko siguro kaya hirap na hirap siya. Sign na siguro to para magbawas ng pagkain, kayalang minsan mali ang mga sign.

**"Kaya pa Lolo Dabid?"** mapang-asar na tanong ni Ci.

**"I will kill you Ci."** sagot niya at tumawa lang naman ang batang kumag.

Malapit na kami sa room ng bigla siyang huminto. **"I'll put you down now."**

Pero sa halip na pumayag hinigpitan ko pa ang kapit sa kanya.

**"Hindi nga ako makalakad di ba? Don muna ko ibaba sa harap ng lamesa ko."** Utos ko.

Narinig ko ang pagsipol ni Rory. **"Burol to."**

Nauna sila ni Ci-N pumasok ng room. Napabuntong hininga si David bago maglakad ulit. Pero hindi kagaya kanina parang mas bumagal ang lakad niya.

Pagpasok ng pinto sunod-sunod na bulungan at kumento ang narinig ko.

**"Braselton."** si Sir Alvin.

"*Patay kang bata ka*."

"*Baba na Jay. Hindi na maganda timpla ni Keifer*." Pakantang sabi ng kung sino.

"*Bakit naman kasi ganyan ang buhat mo kay Jay-jay?*"

Dahan-dahan akong binaba ni Dabid kahit malayo pa ko sa lamesa ko. Pagtapak na pagtapak ng mga paa ko sa sahig bigla nalang siyang bumagsak sa sahig.

Sunod-sunod ang pagmumura ng mga Ulupong at halos sunod-sunod din silang naglapitan para hatakin palayo si Keifer sa ibabaw ni David.

Masyadong mabilis ang mga pangyayari. Ni hindi ko na nga nagawang kumurap at ang eksenang malinaw sakin ay ang pananapak ng Hari ng mga Ulupong kay David na nasa sahig na.

"*Lolo Dabid! Lolo Dabid!*"

"*Tama na Keifer!*"

"*Pakinggan mo muna paliwanag ni David!*"

"*Tangina! Tama na!*"

"*Ano bang kasing iniisip mo Jay-Jay?*"

"*Kanino pusta mo?*"

Wala pa sanang balak tumigil si Keifer kung hindi lang pumagitna si Sir Alvin. Agad nilayo ni Rory, Eren at Kit si David samantalang mahigpit ang hawak nila Edrix, Yuri, Eman, Drew, Felix at Calix kay Keifer.

**"How dare you hold my girl like that?"** galit na sabi ni Keifer kay David.

**"Is it bad to help Jay?"** sagot naman nitong isa.

Binalak sumugod ng Hari pero dumagdag ang ibang Ulupong sa pag-awat sa kaniya.

**"Huminahon ka muna Keifer."** Utos ni Sir Alvin.

Hindi pa rin ako gumalagaw sa kinatatayuan ko. Ang gulo-gulo nila pero malinaw sakin ang isang bagay.

Ganito din yon. Ganito din siya non habang walang awang binubugbog si Kit.

*Bakit parang walang pinagbago?*

Tinignan ko si Keifer na nagpupumiglas pa rin.

**"Bakit ganyan ka?"** Tanong ko na umagaw ng atensyon niya. **"Bakit sabi mo nagbago ka na pero kagaya ka pa rin ng dati?"**

Kita ko ang pagbabago ng ekspresyon niya.

**"Ganon pa rin eh, nananakit ka pa rin ng kaibigan ng dahil sa selos."** sabi ko at parang gustong bumagsak ng mga luha ko.

Pakiramdam ko nabigo siya. Nabigo siya sa sinabi niya at pinangako niya.

**"Don't give me that look."** sagot niya sakin.

Unti-unti siyang binitiwan ng mga uma-awat sa kaniya.

**"I did. I did change Jay. But don't do things like that —."** sabi niya na parang ako pa ang may kasalanan.

**"Bakit ako ang sinisisi mo? Kung marunong kang magpasensya hindi mo sila sasak—!"**

**"You're hurting me!"** sigaw niya na nagpatahimik sakin. **"This is not just jelousy. Seeing you with David as if he owns you is hurting me."**

**"Kaibigan ko si David. Bakit ba ang dumi ng isip mo?"** inis na sabi ko.

**"Hindi pagiging madumi ng isip yon. Kahit sinong lalaki makakita non sa babaeng mahal nila ganon din ang mararamdaman."**

Napatingin ako sa mga Ulupong na nasa likod niya. Tumango ang iba sa kanila at halatang sinasabing tama siya.

*Kasalanan ko pa ngayon.*

**"Tinulungan ako ni David dahil hindi ako makalakad sa paninisod sakin. Kahit valid ang dahilan ko mali pa rin ba yon?"**

**"Bakit kailangan ka niyang buhatin sa ganon posisyon? Okay lang kung pinasan ka niya o binuhat ka niya sa maayos na paraan pero sa ganong posisyon parang pinagsigawan din niyang pag-aari ka niya."** galit na sabi niya at hindi mapigilang mainis ng husto.

Lumalabas kasi na ako ang may kasalanan nito at kung bakit niya binanatan si David. Ako ang mali dahil nagpabuhat ako sa ganon posisyon.

**"Ano ngayon? Ano ngayon sayo—?"**

**"Wag."** bulong ni Ci.

**"May tayo ba?"**

Sunod-sunod na pagre-react ng mga Ulupong. Meron pang napatalikod at napahampas sa pader. Ang iba naman ay napasampal sa noo.

"*Magic word*."

"*Wala na*."

"*Tapos na ang laban*."

Hindi ko alam pero parang mali nga yata ang sinabi ko. Malaking sampal yon hindi lang sa kanya pero pati na din sakin.

**"Ano ngayon?"** Panggagaya niya sakin. **"Ano ngayong kung walang tayo?"**

Hinintay naming lahat ang sunod niyang sasabihin.

**"Kailangan ba yon?"** Tanong niya at napangiwi ako. **"Kung ikaw lang mahal ko."**

Bigla nalang naghiyawan ang mga gunggong na Ulupong. Meron pang nagtatalon at meron ding humampas sakin. Kulang nalang gumulong sila sa sahig.

Napatingin ako kay David na napailing lang habang tipid na ngumiti. Si Sir Alvin mahinang napatawa habang napapailing. Si Yuri naman napabuntong hininga lang pero halatang gusto niyang batukan si Keifer dahil sa banat nito.

Gusto ko din siyang banatan. Ang mga kapwa nya Ulupong.

*Mas kinilig pa sila kaysa sakin.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 347

**A/N:** Lapit na po publish ang Part2 ng book1.

Maraming salamat sa paghihintay. Sorry sa typo. Hope you guys enjoy.

**Chocobar**

***Jay-jay's POV***

**"Are you still mad at me?"** Tanong ng Hari ng mga Ulupong habang inaabot ang ice bag mula sa clinic.

Tinanggap ko yon ng hindi kumikibo at nilagay sa tuhod ko. Ako pa talaga tinanong niya. Kumusta naman kaya ang binanatan niya.

**"Ako hindi mo tatanongin?"** si David na nilalahad ang kamay sa kanya.

Pabatong binigay ni Keifer ang isa pang ice bag sa kanya.

Natatawang sinalo ni David yon. Napailing naman ako. Mabuti nalang at naiintindihan niya ang ugali ng Hari ng mga Ulupong. Kung ako sa kanya, ginantihan ko na ang lintik na to at hindi ako titigil hanggang hindi nababasag ang bungo niya.

**"Do you want to eat anything?"** Tanong na naman niya sakin.

Umiling lang ako at pinagtuunan ng pansin ang tuhod ko. Nagkukulay ube na ang tuhod ko. Mukang hindi nga maganda ang pagkakabagsak ko. Pati nguso ko nararamdaman kong parang nagsisimulang mamaga.

**"Ako Keifer. Pabiling pagkain."** Sabi ng batang kumag. **"Kapag binili mo ko, kakain yan si Jay-jay kasi maiinggit siya."**

Napabuntong hininga siya. **"Sumama ka. Bibili ako."**

Tumingin pa sakin ang Hari sandali bago umalis kasama ni Ci-N. Ang walanghiyang yon, nauto si Keifer.

*Naniwala naman siyang kakain din ako.*

Nang mawala sa paningin ko, hinarap ko si David. Abala siya sa pagdikit ng ice bag sa muka.

**"Dabid."** Tawag ko at lumingon naman siya. **"S-sorry. Dapat nakinig ako sayo."**

Bahagya siyang ngumiti. **"I told you, it's a wrong position."**

**"Ang gusto ko lang talaga makabalik na sa room para makapagpahinga at matignan ang tuhod ko."** Napabuntong hininga ako. **"Nawala sa isip kong seloso nga pala ang ugok na yon."**

**"Kahit hindi siya seloso mali pa rin."** Sabi niya. **"Ganon buhatin ng boyfriend ang girlfriend nila kapag naglalambing."**

*Mali nga ako.*

**"Eh anong gagawin ko? Susuyuin ko siya?"**

Napailing siya habang nakangiti. **"Sino ba dapat ang manuyo?"**

**"Hindi naman kami."** Halos pabulong kongs sagot.

**"But your feelings are preserved. Hindi man kayo official at least alam niyo sa isa't isa na ikaw ay para sa kanya at siya ay para sayo."**

**"Hindi naman ako para sa kanya."**

**"Yet you're transparent about what you feel for him."** sabi niya at napayuko ako. **"Nagseselos ka, kinakabahan ka kapag napapalapit siya sayo, kuwaring naiinis ka kapag inaasar ka niya pero pasimple kang napapangiti at higit sa lahat, hinintay mo siya nong mga panahong nasa London siya."**

*A-ano? Ginawa ko ba yon?*

**"W-wala akong maalalang ganyan."** dipensa ko at bahagya siyang tumawa.

**"Ikaw nalang ang indenial. Lahat kami dito huli ka na."**

Pinanlakihan ko siya ng mga mata. **"Ano?"**

**"Huli ka na. Kuwaring galit ka pa sa kanya pero hindi ka naman mapakali kapag halos isang hibla nalang pagitan niyo."**

**"S-syempre. Sinong hindi matataranta sa ganon?"**

Tinawanan na naman niya ko. **"Ewan ko nalang kung gaano katagal mo siyang matitiis."**

Napangiwi ako. Hindi naman sa tinitiis ko siya pero kasi hindi pa ko ganon katiwala sa sinasabi niyang nagbago na siya, lalo sa nangyari kanina.

Hindi naman ako naghahangad ng perpektong lalaki pero kung mapupunta naman ako sa maling tao para na rin akong kumuha ng batong ipupukpok sa ulo ko.

Isa pa, sariwa pa sakin ang pananakit na ginawa niya. Kaya hindi ko masabing dapat ko na siyang patawarin.

Napatingin ako sa pinto ng pumasok ang Hari ng mga Ulupong kasunod si Ci-N. Marami silang dalang pagkain pero alam kong karamihan non ay para sa batang kumag.

**"Here."** sabi ni Keifer at binaba ang bote ng juice, burger, hotdog, siopao, fries at soimai sa harap ko.

Kaunti lang pero pwede na. Pang-miryenda lang naman. Mabuti nalang at maaga umalis ang teacher namin pagkatapos ni Sir Alvin. Nabuset yata sa gulo ng mga Ulupong na to.

**"S-salamat."** sabi ko at dahan-dahang kumain.

*Bakit ba ko nahihiya?*

Rinig ko ang mahinang pagtawa ni David kaya tinignan ko siya ng masama. Tumalikod nalang siya at tinuloy ang ginagawa sa ice bag at muka niya.

Pinagpatuloy ko ang pagkain habang nasa harap ko ang tukmol na Hari ng mga Ulupong. Sandali akong tumigil ng lumapit si Yuri habang may batak na bangko.

**"Let me see your knees."** sabi niya bago ipwesto ang sarili sa harap ko.

Naupo siya sa dala niyang bangko at pinatong ang binti ko sa hita niya. Agad napaangat ang tingin ko kay Keifer nang humalukipkip siya at tignan ng masama si Yuri.

Napa-aray ako ng hawakan ni Yuri ang tuhod ko. Naigagalaw ko naman na ang tuhod ko hindi kagaya kanina pero ngayon naman lumalabas ang mga pasa.

**"Makakalakad ka?"** tanong niya sakin at tumango ako.

**"Pero baka sa hagdan hindi."**

**"Talon ka nalang mula dito pababa."** Suhestyon ni Ci at napatingin kami sa kanya.

*Wow. Salamat sa suhestyon.*

**"Ang kailangan niya makalakad hindi mamatay ng maaga."** sabi ni Felix na lumapit din pala samin.

**"I'll carry her."** presinta ng Hari.

**"Hindi na. Gagapang nalang ako."** may halong inis na sabi ko.

Bahagyang tumawa si Yuri kaya tinignan ko siya ng masama at tumigil naman siya.

Napilitan kaming huminto sa pinag-uusapan ng pumasok ang sunod na teacher. Agad silang bumalik sa mga pwesto nila pero binulungan ko muna si Yuri.

**"Pwede mo ba kong ibili mamayang lunch?"**

Tumango siya habang nakangiti. **"Sure."**

Nagsimula na ang klase pero ang isip ko nasa lunch na para mamaya. Nanguha pa ko ng papel para ilista ang mga balak kong ipabili kay Yuri.

Bukod sa pananghalian meron pa kong balak ipabili sa kanya. Walang akong alam na paraan ng panunuyo pero sana pwede na tong balak ko.

Natapos ang klase namin ng hindi ko namamalayan at dumating na ang hinihintay kong lunch. Parang mga asong nakawala sa koral ang mga Ulupong na nagtakbuhan palabas.

Lumapit sakin si Yuri at agad kong inabot sa kanya ang papel at pera para sa mga ipapabili ko. Ibabalik sana niya ang pera pero hinampas ko ang kamay niya.

**"Aray."** Bulong niya. **"Barakuda ka talaga."**

**"Siraulo ka."** sagot ko at malakas siyang tumawa.

Kahit papano nakakatuwang marinig siyang tumawa. Minsan nakakainis pero nawawala din non ang pag-aalalang nararamdaman ko para sa kanya. Lagi kong pinagdadasal na walang masamang mangyari sa kanya.

Umalis siya sa harap ko at tsaka naman lumapit ang Hari.

**"Anything you want?"** tanong niya.

**"Napabili ko na kay Yuri."**

Kakausapin pa sana niya ko kundi lang siya tinulak ni Eren.

**"Sorry, nagmamadali ako."** sabi pa niya at may kinausap sa cellphone'ng hawak. **"Sandali Sarah Babe. On the way na ko."**

Napakamot nalang sa ulo si Keifer bago magpaalam sakin. Tumango lang ako at hindi na nagsalita pa. Kinakahaban ako sa gagawin ko pero sana lang talaga umubra to.

Hindi nagtagal ng bumalik si Yuri dala ang mga pinabili ko. Nanguha siya ng bangko at nilapit sa mesa ko para saluhan akong kumain. Inayos niya ang mga pinamili maliban sa ilang pirasong chocolate bar.

Habang abala siya naghanap naman ako ng pwedeng magamit. Nakakuha ako ng makulay na papel sa loob ng bag ko. Ginamit ko yong pambalot at binuhol ang magkabilang dulo na parang candy wrapper.

**"Para kanino yan?"** tanong ni Yuri.

**"Secret."** sagot ko at ngumiti ng matamis.

Bigla kong naalala ang damit niyang naiwan kahapon sa labahan namin. Ngayon ko naisipang dalhin tuyo naman na at pwede ng suotin.

Kinuha ko ang damit niya at inabot sa kanya. **"Nakalimutan mo kahapon."**

Nanlaki ang mga mata niya. **"Ay oo nga pala."** Sabi nya at tumayo.

Lumapit siya sa bag niya at pagbalik, dala niya ang damit kong pinahiram ko sa kanya kagabi bilang pamalit.

Nagpalitan kami ng hawak.

**"Salamat ah? Buti nalang talaga sa inyo ako napunta."** sabi niya at binalikan ang mga pagkain namin.

Sandali akong natigilan at tinignan siya. **"Yuri, ano ba kasi talagang nangyari?"**

Ngumiti siya sakin at inabot ang plastic spoon at fork. **"Kain na tayo."**

*Husay iiwas.*

Hinayaan ko nalang at sinimulang kumain. Habang abala kami isa-isa na ring nagbabalikan ang mga Ulupong dala ang mga pagkain nila. Halos patapos na ko ng dumating si Keifer at ibaba ang isang slice ng cake sa harap ko.

**"Dessert."** sabi niya at bumalik na sa pwesto niya.

Tinignan ko ang pangalan ng tindahan na nakadikit sa balot ng cake. Mukang sa labas lang ng school makakabili nito dahil pangalang mayaman.

Nagtinginan lang kami ni Yuri bago maisipang paghatian yon. Masarap ang cake at halatang masinsinan ang pagkakagawa dahil sa lambot ng tinapay. Sayang at isang slice lang.

*Tapos hinatian pa ko.*

Si Yuri na ang nagligpit ng pinagkainan namin. Nakatitig lang ako sa chocolate ng binalot ko. Pinag-iisipan kung paano ko ibibigay sa kanya. Pwede siguro ibato ko nalang sa pagmumuka niya sabay sabing '*for you, gago*'. Kayalang baka magalit.

Natapos lang ang pag-iisip ko ng dumating na ang teacher.

Naging mabilis ang oras, namalayan ko nalang ang paglabas at pagpasok ng mga teacher hangang sa mag-uwian na. Gusto ko sana pumalakpak kundi ko lang naalala na hindi ako makakababa ng hagdan dahil sa kalagayan ko.

"*Uwian!*" sigaw ng mga Ulupong.

"*Sa wakas. Uwian na.*"

"*Miryenda tayo! Libre niyo*."

Abala ako sa pag-aayos ng gamit ko ng lumapit ang Hari sakin. Sandali akong nag-angat g tingin para tignan siya.

**"Ready?"** tanong niya at pasimple lang akong tumango.

Halos kaming dalawa nalang ang naiwan sa room. Tumayo muna ko bago pumwesto si Keifer sa harap ko. Bahagya siyang yumuko para makapasan ako sa likod niya. Ilang beses akong napa-aray dahil sa pagkirot ng tuhod ko bago pa man ako makaayos ng pwesto sa likod niya.

**"You okay in there?"** tanong niya bago simulang lumakad.

**"O-okay lang."**

Naglakad siya at pansin ko namang kayang-kaya niya ko. Naging tahimik ako habang hindi maalis ang konsentrasyon niya sa ginagawa. Malapit na kami sa ground floor ng maisipan kong iabot ang binalot kong chocolate.

**"P-para sayo."** halos pabulong kong sabi.

Tinanggap niya yon gamit ang isang kamay. Pinagmasdan niya pa sandali bago ako lingunin.

**"Thank you but what is this for?"**

**"Basta. Mamaya mo nalang tignan."** utos ko at nilagay naman niya yon sa bulsa.

Nagpatuloy na siya sa paglalakad. Pagdating sa ground floor sinalubong kami ng kapatid kong salubong na naman ang kilay. Mukang hindi maganda pagkakabasa niya sa mga kapalaran.

**"What now?"** Inis na tanong niya.

Unti-unti akong nagpababa at lumapit kay Aries. Nakita agad niya ang hirap ko sa paglalakad na sinamahan pa ng pagngiwi sa bawat hakbang.

**"What happened?"**

**"Tinisod ako kanina tapos diretsong nadapa."** sagot ko.

**"Sinong tumisod sayo?"** may diin ang tanong niya.

Pinili ko nalang magsinungaling dahil baka lumaki pa ang usap at magkaroon pa ng gulo sa Section D. Tsaka ko nalang sila babalikan kapag na-tyempuhan ko ulit sila.

**"N-natisod ibig kong sabihin."**

Tinignan niya si Keifer na parang naninigurado pero mukang nakuha niya ang ginagawa kong pag-iwas sa totoong dahilan ng pagkakadapa ko. Umiwas lang siya ng tingin at kuwaring walang alam.

**"Siguraduhin mo lang."** may halong bantang sabi ni Aries. **"Kaya mo na maglakad?"**

Tumango ako bago siya magsimulang maglakad. Sandali kong tinignan ang Hari bago sundan ang kapatid ko. Sinabayan siya ni Ella na pinagtaasan ako ng kilay.

**"Nangyari sayo?"**

**"Nadapa."** tipid kong sagot at napangisi siya na parang ang laki kong tanga.

*Matanggal sana ngipin mo.*

Pagdating sa parking natigilan kami dahil wala pa rin ang kotse ni Kuya. Agad na kinuha ni Aries ang phone niya at may tinawagan pero mabilis din niyang binaba.

**"Nakapatay."** sabi niya at may sinubukan ulit tawagan pero mukang wala namang sumasagot.

**"Ano daw? Wala pa tayong sundo?"** tanong ko.

**"Parehong nakapatay ang phone ni Kuya at Mom. Maghintay na muna siguro tayo."** sabi niya at ginawa naman namin.

Inabot na kami ng ilang oras pero wala pa ring Kuya na nagpapakita. Nakaalis na din halos lahat ng mga estudyante at mga kotseng naka-park.

Napatingin ako kay Keifer na nakasandal sa kotse niya at naghihintay din. Hind siya umalis hanggat hindi pa dumadating ang sundo namin. Pero mukang hindi na din siya makatiis pa. Lumapit siya samin.

**"Ako nalang ang maghahatid sa inyo."** suhestyon niya.

Tinignan ko si Aries pero halatang wala siyang balak pumayag.

**"Baka busy si Kuya."** sabi ko. **"pwede naman tayong mag-taxi kung —."**

**"Unsafe."** Halos sabay na sabi ni Aries at Keifer.

Alam kong ang nagbabanta sa buhay ko ang inaalala nila. Pero hindi rin safe kung magstay kami dito.

Napabuntong hininga si Aries at tinignan ang kotse ni Keifer. **"Ako sa shotgun seat."**

Napangiti ako. Mabuti nalang at 4 seaters ang dalang kotse ng Hari kaya kasya kaming lahat. Lumapit kami sa kotse niya at kagaya ng sinabi ni Aries pumwesto siya sa tabi ng driver matapos kaming pasakayin ni Ella.

*Ayoko tong katabi.*

Naging tahimik kami sa byahe pero hindi nakaligtas sakin ang tingin ni Keifer mula sa rearview mirror. Napairap nalang ako ng kumindat siya.

**"Eyes on the road."** Parinig ni Aries.

Si Ella ang una naming hinatid. Nagpasalamat siya kay Keifer at hinalikan ang kapatid ko sa pisngi bago tuluyang bumaba.

*Umay.*

Nakarating kami sa bahay ilang sandali lang. Walang kibong bumaba ang may dalang kapalaran kaya ako na ang nagpasalamat para samin.

**"Where is my kiss?"** Tanong pa niya.

**"Ngudngod kaya kita sa manibela mo?"** Banta ko at malakas siyang tumawa.

Bumaba na ko bago pa ko magmura ng wala sa oras. Baka lalo akong hindi makababa ng kotse niya. Nagmaneho na siya paalis ng masigurong nasa loob na kami ng bahay.

**"Where's Kuya?"** Tanong ni Aries sa nakasalubong naming kasambahay.

**"Kasama po ang Mama niyo. Pupuntahan daw po Nanay ni Miss Jay-jay."** sagot naman niya.

**"Bakit daw? May nangyari ba?"** Tanong ko at umiling siya.

**"Hindi na po sinabi pero nagmamadali po sila."**

Nagpasalamat nalang kami ni Aries bago siya tuluyang bumalik sa ginagawa. Nangtinginan kaming magkapatid.

*Si Mama.*

**"Tingin mo, may problema kaya kay Mama?"** May halong pag-aalalang tanong ko.

Nagkibit balikat lang siya bilang sagot. Hindi ko maiwasang hindi isipin. Hindi magmamadali ng ganon si Tita Gema at Kuya kung walang problema.

Naglakad na ko papuntang kwarto ko. Habang abala sa pagbibihis narinig ko ang pagtunog ng cellphone ko. Tinapos ko muna ang ginagawa ko bago sagutin ang tawag.

Bahagya akong napangiwi ng makita ang pangalan ng *GagongBaliw* pero sinagot ko pa rin.

**"Oh bakit?"** Bungad ko.

**["*I love you.*"]** Bungad niya at muntik ko nang mabitawan ang cellphone ko.

**"M-may kailangan ka ba?"** Inis na sagot ko.

**["*I will accept your apology, just say you love me too.*"]**

**"Ano bang—."** Natigilan ako ng maalala ko ang chocolate na binalot at inabot ko sa kanya kanina. Sinamahan ko nga pala ng maikling apology letter yon. **"S-sira ka ba? Nag-sorry na nga ako sa pagkakamali ko tapos nanghihingi ka pa ng *I love you too* dyan."**

Narinig ko ang pagtawa niya na parang ang saya-saya niya.

**["*You just said the magic word. I am accepting your apology now.*"]** Sabi niya at ramdam ko ang malawak niyang ngiti.

Nangunot ang noo ko. Nasabi ko ng hindi sinasadya ang hinihingi niya. Kainis! Kahit hindi bukal sa loob yon pakiramdam ko nalamangan ako.

*Ang pabaya ko kasi.*

**["*Where are you? Paghatian natin tong chocolate na bigay mo.*"]**

Napairap ako kahit hindi niya kita. **"Sayo na. Kaya nga sayo ko binigay tapos bibigyan mo pa ko."**

**["*What is mine is yours. Kaya share tayo. Nasa kwarto ka ba? Pupuntahan kita.*"]** Pagpipilit niya.

**"Hoy! Hoy! Anong pupuntahan? Manahimik ka dyan!"** Napatayo ako ng de-oras pero mabilis ding napaupo sa kama dahil sa kirot ng tuhod ko.

**["*Ako nalang puntahan mo. Andito ako sa labas ng bahay niyo.*"]**

*Shutanginames!*

Kaya pala malakas ang loob na sabihing pupuntahan niya ko. Nasa labas lang pala ang lintik. Buong akala ko nakaalis na siya kaninang paghatid samin ng kapatid ko.

**["*Pupuntahan mo ba ko? O ako pupunta dyan?*"]**

Hindi siya pwede dito sa kwarto ko. Mas lalong hindi siya pwedeng maabutan ni Kuya sa kwarto ko. Pareho kaming malilintikan. Baka hindi nalang tuhod ang sumakit sakin.

Kaya kahit labag sa loob ko tumayo na ko at naglakad. Panay nga lang ang aray ko.

**"Eto na! Eto na! Kainis!"**

Napahinto ako pagdating sa hagdan. Isang baitang palang napabalik na ko dahil sa sakit ng tuhod ko. Kung masakit ang pag-akyat mas masakit ang pagbaba. Isa lang naiisip kong paraan, ang magpadulas pababa.

Naupo ako sa isang baitang at nagpa-dausdos pababa. Nasalubong ko pa ang isa sa mga maid na natawa sa ginawa ko.

*Happy ka dyan?*

Pagdating sa baba, halos maiyak ako sa sakit ng pwet ko. Ganito ba kasakit ang hazing?

Lakad-takbo ang ginawa ko makarating lang sa labas ng bahay pero walang Keifer na bumungad sakin. Tinignan ko ang cellphone at nakita kong nasa linya pa siya.

**"H-hello? Saan ka?"**

**["*Look to your left.*"]** Utos niya at ginawa ko naman.

Nasa kalayuan ang kotse ng hudlong. Halos maiyak ako habang naglalakad palapit sa kotse niya. Sumakay agad ako paglapit.

**"Eto naman! Ang layo ng parada!"**

**"Hindi ako nagpa-park sa harap ng bahay niyo at baka mahuli ako ng Kuya mo."**

Napanguso ako. Ganyan din si Percy hindi nagpa-park malapit sa bahay. Kaya siguro kagabi hindi sila nag-alala na mahuhuli ang kotse nila ni Kuya.

Hinarap niya sakin ang mumurahing chocolate bar na binigay ko. Malapad pa ang ngiti niya habang kinakaway yon sa harap ko.

**"Hati tayo."** At binuksan ang isa sa mga hawak.

**"Wag na nga. Kaya nga binigay sayo, kasi para sayo lang."**

**"I told you, what is mine is yours. Kahit ang mana ko."**

Nangunot ang noo ko. Tanggap ko ang islang binigay niya pero kung usapang mana, ibang usapan na yan. Sobra-sobra naman yon.

**"Ano tayo? Mag-asawa? Ni hindi pa nga tayo mag-jowa."** May halong inis na sabi ko.

**"Edi tayo na. Let's be official."** Sabi niya at inabot sakin ang kaputol ng chocolate bar.

Kinuha ko nalang para matahimik siya. Alam kong hindi siya titigil.

**"Muka mo official. Hindi pa kita tuluyang napapatawad."** Sagot ko at kinagatan ang chocolate.

Pansin ko ang pagngisi niya habang kinakain ang hawak.

**"Laking tuwa mo naman dyan."**

Ngumiti siya sakin. **"Nilawayan ko yang sayo bago ko ibigay."**

Napanganga ako. **"Hayop ka!"** Sabi ko at malakas siyang tumawa.

**"Profanity!"**

Bago pa man siya makakilos tinakpan ko na ang bibig ko. Malapad ang ngiti niya habang palapit sakin.

*Maling pumunta ako dito.*

**"A deal is a deal."** Sabi niya nilalapit ang muka sakin.

Pilit akong tumalikod para mailayo ang muka sa kanya.

**"Nilalamangan mo na naman ako!"**

Niyakap niya ko ng hindi ko napapansin. Sinubukan kong magwala pero naging mabilis ang kilos niya. Namalayan ko nalang na naka-kandong na ko sa kanya.

*Anak nang...*

**"Stop resisting."** sabi niya at naramdaman ko ang hininga niya sa tenga ko.

**"Layo!"** Inis na sabi ko habang tinutulak ang sarili palayo sa kanya pero natigilan ako at napasigaw ng pindutin niya ang tuhod ko. **"ARAY! WALANG GANYANAN!"**

Malapit-lapit na kong maiyak. Nahihirapan akong kumilos dahil sa pwesto ko at idagdag pang hindi ako makapalag sa Hari ng mga Ulupong na to. Para akong nakakulong.

Huminto ako sa paggalaw sa takot na hawakan ulit niya ang tuhod ko. Inis akong nakatingin sa kaniya at siya naman tong nakangiti sakin.

**"I told you to stop. If you don't, I will make you."** sabi niya at naramdaman ko ang kamay niya sa tuhod ko.

**"Anak ka pitongpot puting tupa."** sagot ko sa kanya at malakas siyang tumawa. **"Wag mong idamay tuhod ko."**

**"Alin? Ito?"** Tanong niya at pinisil ang tuhod ko.

Muntik na kong magmura ng malakas dahil sa sakit. Sinupalpal ko nalang ang hawak kong chocolate sa bibig para hindi makapagsalita.

*Kingina mo ka! Hintayin mo paggaling niyan.*

**"Sagot."** Utos niya.

**"Ay nadali mo! Yan na yan talaga!"** kuwaring masayang sagot ko. **"Pisil pa! At yang sayo naman ang pipisilin ko!"**

**"Anong sakin ang pipisilin mo?"**

**"Yang sayo."**

**"Ang alin?"**

**"Yang ano mo."**

**"Anong ano ko?"**

**"Yang ano."**

**"Alin nga?"**

**"Yan!"** Sinundot ko ang muka niya. **"Yang muka mo!"**

Bahagya siyang tumawa. **"Ayaw mong pisilin ang ano ko?"**

Pinandilatan ko siya ng mga mata. **"Anong ano mo?"**

**"Yung ano ko. Kapisil-pisil to.".**

**"Ang alin yan?"**

**"Pipisilin mo ba kapag sinabi ko?"**

Hinampas ko siya pero hinawakan niya ang kamay ko.

**"Ano yan?"**

**"Eto."** Sagot niya at ngumuso pababa.

**"Ano? Anong tinuturo mo?"**

**"Eto."** Tumawa siya ng malakas. **"Etong muscle ko."**

Pati ako napatawa na din ng malakas. Gustong-gusto ko na siyang murahin dahil sa kalokohan niya. Kundi lang talaga dahil sa profanity na yan, umuulan na ng mura galing sakin.

**"Sira ulo mo."** sabi ko at inubos na ang hawak na chocolate.

Ganon din ang ginawa niya sa kinakain. Paminsan-minsan akong natatawa kapag nagkakasalubong kami ng tingin. Pero natigilan ako ng mapansin ko ang pagtahimik niya.

Tumaas ang isang kamay niya para alisin ang kasat na chocolate sa gilid ng labi. Mahina akon tumawa para alisin ang tensyon na nararamdaman ko.

**"Jay, please be my official girlfriend."** sabi niya na may halong pakiusap.

Napaiwas ako ng tingin. Hindi sa hindi ko gusto ko. Pero masyadong maraming naglalaro sa isip ko. Meron pa rin akong pagdududa. Natatakot pa rin ako at hindi ko pa masabing naghilom na ang sakit na ginawa niya.

Pilit niyang iniharap ang muka ko gamit ang kamay niya sa baba ko.

**"I love you and I know you feel the same."**

Naramdaman ko ang palapit ng labi niya sa labi ko. Mababaw lang ang halik na binigay niya.

**"Please Jay."**

Umiling ako. **"H-hindi ko alam."**

**"Just say yes."**

Napatitig ako sa muka niya na dapat yata hindi ko ginawa. Parang bibigay ang loob ko sa itsura niya. Umaandar ang pagiging marupok ko.

*Tibayan mo, aba!*

Naputol lang ang pagtitig ko ng tumunog ang cellphone ko. Lumitaw ang pangalang '*Horoscope*'. Mukang alam na niyang wala ako sa bahay.

**"Kailangan ko ng umalis."** Sabi ko at umalis sa pagkaka-kandong sa kanya.

Saktong pagbukas ko ng pinto ng hawakan ako ni Keifer sa isang kamay. Para siyang nakikiusap na nagmamakaawa.

Hindi ko maiwasang hindi mataranta. Kaya para makaalis lang binigay ko ang pinaka-safe na sagot na alam ko.

**"P-pag-iisipan ko."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 348

**Mother**

***Jay-jay's POV***

*Pag-iisipan? Ulowl!*

Sinong niloko? Sarili ko? Eh alam ko naman na mahal ko siya at gusto ko siyang makasama. May mga pangamba ako pero alam ko sa sarili ko na gusto ko din ng maayos na label para samin.

Sinong tatagal sa ganitong relasyon? Hindi nga relasyong matatawag tong ginagawa namin.

*Kainis naman kasi.*

Panay ang isip ko sa sinabi ko kay Keifer. Hindi ko tuloy ma-enjoy ang Sabado. Sa halip na magbulakbol eto ako at pagulong-gulong sa kama.

Sabagay, hindi din naman ako makakakilos ng maayos dahil sa tuhod ko. Parang mas lalo pang sumakit ang tuhod at siko ko. Mabigat din ang katawan ko na para akong lalagnatin.

Tinignan ko ang cellphone ko para basahin ang mga text. Hindi pa rin sumasagot sakin si Yuri. Gusto ko sanang updated ako sa ginagawa niya dahil baka maulit na naman ang nangyari nong isang gabi.

May ilang text galing kina Ci-N, Percy at GagongBaliw. Ayoko namang buksan ang messenger ko at baka maingay na naman ang mga Ulupong.

Napatingin ako sa pinto ng marinig ko ang pagkatok ng kung sino. Hindi nagtagal at bumukas yon. Bumungad ang muka ni Kuya Angelo.

Napabangon ako sa kama. **"K-kuya."**

**"Nagkikita ba kayo ni Percy?"** Tanong niya na pinagtaka ko.

**"Hindi. Bakit?"**

Nilahad niya ang kamay niya sa harap ko. **"Your phone."**

Sobrang takang-taka ako sa kinikilos niya. Ayoko man ibigay pero baka masigawan ako kaya inabot ko na. Nagulat ako ibulsa niya yon. Buong akala ko meron lang siyang titignan.

**"No phone for now."** sabi niya at akmang tatalikod pero hinawakan ko siya sa braso.

**"T-teka lang. Anong meron sa cellphone ko at hindi ko pwedeng gamitin? Paano kung may magtext sakin ng mahalaga—?"** Pangangatwiran ko pero mabilis niyang pinutol.

**"If that's really important, pupuntahan ka nila dito."** sabi niya at tumuloy na sa paglabas ng kwarto ko.

Mabilis ko siyang sinundan. Kahit iika-ika ako sa paglakad nagawa ko pa rin siyang sabayan.

**"Sandali Kuya. Ano ba kasing nangyayari?"**

Hindi niya ko pinansin at patuloy lang paglalakad. Para akong hindi nag-eexist sa hindi niya pagpansin sakin.

**"Kuyaaa..."**

Wala pa rin siyang kibo. Pagdating sa hagdan pababa napahinto ako. Hanggang dito nalang at hindi pa keri ng tuhod ko. Napa-upo nalang ako sa baitang habang pinagmamasdan siyang palayo.

**"Kuuuyyyaaaaaa... Anong gagamitin ko? Wala na kong pang-games."**

**"Shut up!"** Sigaw niya ng hindi ako nililingon.

**"Kuuuuuuyyyyyyaaaaaaaaaa!"** Sigaw ko din pero hindi na niya ko pinansin. **"Cellphone ko Kuya!"**

Hanggang sa nawala na siya sa paningin nasa baitang pa rin ako ng hagdan. Pinagmasdan ko ang baitang ng hagdan. Gusto ko sanang bumaba pero masakit sa pwet kung papadulas na naman ako.

Napatingin ako sa likod ko ng may maramdaman akong tao. Palapit ang kapalaran habang nagtetext. Mukang hindi niya ko napapansin.

Paglapit niya sa unang baitang niyakap ko ang binti niya. Nagulat siya at napasigaw.

**"What the hell? Bitaw!"** Galit na utos niya.

**"Aaaarrriiiieeessss! Buhatin mo ko pababa!"** Pakiusap ko habang nakayakap pa rin sa binti niya.

**"Let go! Hindi kita bubuhatin!"** Pilit niyang inaalis ang mga kamay ko pero dahil nahihirapang bumalanse napipilitan siyang humawak sa railings ng hagdan.

**"Sige na! Gusto ko pagkain!"**

**"Kailan mo ba inayawan ang pagkain?"**

Hinampas-hampas niya ang kamay ko para mapabitaw ako pero mas lalo ko lang hinigpitan.

**"Jay-jay! Mahuhulog tayo!"** Seryosong sabi niya kaya napabitaw na ko.

**"Sige na. Pasan mo na ko."** Pakiusap ko na halos na maiyak na.

Pinagdikit ko pa ang mga palad ko sa harap ko. Kulang nalang lumuhod ako sa kanya pero dahil hindi nga ako makakaluhod hanggang puppy eyes nalang ako.

Muka namang naawa siya sakin. Pumwesto siya sa harap ko at tumalikod.

**"Eto na. Papasanin ka na."** Sabi niya at napangiti naman ako ng malawak.

Agad akong pumasan sa kanya at inayos naman niya ang pagkakapasan sakin. Gusto ko tuloy pumalakpak sa tuwa kaso baka ma-out of balance siya sa hindi ko pagkapit.

Dahan-dahan ang bawat hakbang niya. Pagdating sa huling baitang ibababa na sana niya ako pero kumapit ulit ako.

**"Sa kusina."** Utos ko.

**"What?"**

**"Sige na. Hatid mo ko sa kusina."** Pakiusap at bahagya siyang niyugyog.

**"Paggaling niyang tuhod mo, humanda ka sakin."** Banta niya bago magsimulang maglakad papunta kusina.

Tinawanan ko lang naman siya. Alam ko namang hindi niya ko magagantihan. Dahil makakalimutan din niya yon.

Ibinaba niya ko malapit sa ref dahil alam niyang don din naman ako pupunta.

**"Salamat."** buong galak na sabi ko at inirapan naman niya ko.

Sinimulan ko ng maghanap ng kakainin. Puro matatamis ang nakikita ko pero parang mas gusto kong kumain ng kanin. Kayalang kakain na din kami maya-maya kaya snack muna ang pag-iinitan ko.

Habang abala sa pagsilip sa bawat container na nakikita ko, narinig ko ang boses ni Tita Gema na parang sumisigaw at natataranta.

**"Angelo! Ihanda mo ang kotse! Pupuntahan natin si Jeana!"** Sigaw niya na dinig ko hanggang kusina.

Unti-unting lumalakas ang boses niya kaya napagtanto kong palapit siya sa pwesto ko. Mabilis akong nagtago sa counter dahil baka mapansin niya ko. Ramdam ko ang tarantang paglalakad ng kung sino sa kusina.

**"Manang... Pakibantayan po muna ang mga bata."** Dinig ko ulit na sabi ni Tita sa isa sa mga maid.

Halatang nagmamadali siya sa pag-alis. Hindi ko maiwasang hindi kabahan. Si Mama ang pupuntahan nila samantalang galing na sila don kahapon. Dali-dali akong tumakbo papunta ng sala ng marinig ko ang pag-alis ng sasakyan nila.

Nawala sa isip ko ang sakit ng tuhod ko. Hinanap ko si Aries na sakto namang nasa laundry at mukang may hinahanap na damit.

**"Aries! Aries!"** tawag ko sa kanya.

**"Ano na naman?"** inis na sagot niya.

**"Sundan natin sila Tita at Kuya!"** pakiusap ko. **"Mukang may nangyari kay Mama!"**

**"Sigurado ka ba dyan sa sinasabi mo?"**

Alanganin akong tumango at umiling bago hawakan ang kamay niya at pilit siyang hinatak.

**"Iba ang kutob ko! Pakiramdam ko meron!"**

Wala siyang nagawa kung hindi ang magpatianod sakin palabas ng bahay. Dahil wala pa rin ang kotse niya napilitan kaming magtawag ng taxi.

Si Aries ang nagsabi ng address sa driver. Hindi ko na inabalang isipin ang kalagayan namin, kung may magtatangka ba o baka kidnappin kami ulit. Ang mahalaga lang sakin ay mapuntahan si Mama.

*Sana mali ang iniisip ko.*

Panay ang kagat ko sa labi ko. Ilang ulit ko ring pinagmadali ang driver pero dahil sa mabagal na traffic ilang beses din kaming huminto.

**"Malayo pa ba tayo?"** tanong ko kay Aries.

**"Pang-sampung tanong mo na yan."** inis na sagot niya.

**"Gusto mo gawing ko isang daan?"** hamon ko at inambaan niya ko ng batok.

Agad kong hinarang ang kamay ko bilang proteksyon.

Binalak ko pa sana ulit magtanong kundi ko lang natanaw ang kanto kung saan itinayo ang bagong bahay nila Mama at Andy'ng epal na mukang may kabet kolehiyala.

*Tsismis to.*

Natanaw ko agad ang bahay at ang kotse ni Kuya Angelo. Pumara si Aries at siya na din ang nagbayad dahil wala din naman akong dalang wallet. Tapos ang lakas ng loob ko mag-aya. Mabuti nalang at may dala siyang pera.

Dali-dali akong bumaba ng taxi at nanakbo papasok. Sa pintuan palang nagsisigawan na sila.

**"Ano ba kasing totoo?"** boses ni Mama.

**"Jeana! Huminahon ka muna!"** Si Tita Gema.

Pagpasok ko, magkaharap si Mama at Andy. Nasa likod naman ni Mama si Tita Gema at umaawat. Si Kuya naman ay naka-abang sa mangyayari malapit kay Tita Gema.

**"Hayop ka! May kasal-kasal ka pang nalalaman!"** sigaw ni Mama at hinampas si Andy.

**"Makinig ka muna kasi!"** sagot naman ni Andy.

Hindi ko alam kung bakit pero kumikirot ang ulo ko habang pinapanood sila. Bahagya din ako nahihilo at parang bumabagal ang paghinga ko. Napahawak pa ko sa dibdib ko dahil sa lakas ng tibok ng puso ko.

*Bakit parang ang pamilyar ng nangyayari?*

Ilang beses pang sinugod ni Mama si Andy para hampasin pero panay naman ang ilag at sangga nitong isa. Makailang beses pang nagpakawala ng malulutong na mura ang Nanay ko. Kung nakakasasak lang ang mga sinasabi niya, malamang ko ubos na dugo nitong si Andy.

Ilang beses pang inawat at inilayo ni Tita Gema ang Nanay ko pero panay naman ang hataw niya ng hampas at tadyak. Halatang napipikon na si Andy sa kanya.

**"Makinig ka muna!"**

**"Anong kasinungalingan na naman sasabihin mo? Huling-huling ka na!"** Si Mama ko na pilit siyang sinasampal.

**"Paano tayo magkakaintindihan kung ayaw mo naman tanggapin paliwanag ko?"**

Paulit-ulit na nagmura si Mama at halatang na-o-offend na si Andy sa kanya. Panay pa rin ang palitan nila ng sigawan hanggang itaas niya ang kamay niya at ambang sasampalin si Mama.

Kusang gumalaw ang mga paa ko para sugurin si Andy. Parang may sariling isip ang katawan ko na bumunggo sa katawan niya. Magkasunod kaming bumagsak sa sahig.

**"Jay-jay! Anak!"** sigaw ni Mama matapos malinawan sa ginawa ko.

Agad akong tumayo at napahawak sa ulo ko dahil sa biglaang pagkahilo. Unti-unti ding nagdidilim ang paningin ko pero may mga imaheng pumapasok.

Nakikita ko si Mama pero may ibang tao pa kong nakikita. May mga sinasabi sila na hindi malinaw sakin pero iisa lang ang sigurado ako... sinasaktan nila si Mama.

**"MA!"** buong lakas na sigaw ko.

Naging malinaw ulit ang paningin ko. Si Andy ang una kong nakita na kasalukuyang bumabangon mula sa pagkakatumba kagaya ko.

Ang kaninang malakas na tibok ng puso ko ay bumilis. Literal na nag-iinit at nagpapantig ang tenga ko. Sa isang iglap lahat ng galit na nakatago sa loob ko ay gusto ng lumabas. Halong pagkamuhi, takot at sakit ang nararamdaman ko.

**"WAG MONG SASAKTAN ANG MAMA KO!"**

**"Jay-jay!"** tawag sakin ni Kuya pero hindi ko siya pinansin.

Parang wala na kong naririnig. Nahihirapang kumilos ang katawan ko na para bang ang bigat. Hindi ko na alam ang sunod kong gagawin. Walang pumapasok sa isip ko kundi ang sitwasyon ko at ni Mama.

Sasaktan si Mama ng lalaking to at kailangan niya ng tulong. Kailangan ko siyang iligtas.

*Ililigtas ko si Mama!*

Mabilis kong niligid ang paningin ko at ang kutsilyo sa lamesa ang una kong nakita. Agad kong kinuha ko yon at tinutok kay Andy.

**"Jay! Ibaba mo yan!"** sigaw ni Mama.

**"Jusko po! Jay!"** si Tita Gema na lumapit kay Kuya.

**"Bitiwan mo yan!"** utos ni Kuya at akmang lalapit sakin kaya sa kanya ko tinutok ang kutsilyo.

Hindi ko maintindihan kung bakit nila ko pinipigilan. Dapat nga tulungan nila ko dahil sasaktan ng lalaking to si Mama.

*Sasaktan din niya kami.*

**"Anong ginagawa mo? Ibaba mo nga yan!"** si Aries na tinangkang lumapit sakin.

**"K-kailangan kong iligtas si Mama! Saksaktan lang siya ng lalaking to!"** paos na sigaw ko at pumatak ang luha ko.

Mahigpit ang hawak ko sa kutsilyo gamit ang dalawang kamay. Nanginginig ako na pilit kong tinatago para magpakatatag. Panay ang lunok ko. Hindi ko itatanggi na natatakot din ako pero kailangan ako ni Mama.

Sinubukan ulit akong lapitan ni Kuya pero humakbang ako palayo.

Naguguluhan ako. Dapat ako ang pinapanigan nila. Dapat ilayo ko si Mama sa kanya. Masasaktan lang ulit siya.

*Ulit?*

Binalik ko ang pagtututok ng kutsilyo kay Andy ng bahagya siyang gumalaw.

**"WAG KANG LALAPIT KAY MAMA!"** Sigaw ko sa kanya at inilapit sa kanya ng kutsilyo.

**"JAY-JAY!"** Malakas na sigaw ni Mama.

**"Jay! Makinig ka sakin! Ibigay mo sakin yan!"** Galit na utos ni Kuya at humakbang palapit.

Napaatras ako at napansandal sa kung saan. Nakapaligid sila sakin na kinatakot ko. Pakiramdam ko pinagtutulungan nila ako.

**"Jay-jay, ibigay mo na samin yan."** Mahinahong pakiusap ni Aries.

Tuloy-tuloy na umagos ang luha ko. Bakit ganito? Pakiramdam ako lang ang nakakaintindi sa nangyayari. Bakit hindi nila nakikita ang nakikita ko?

**"Huminahon ka, walang mananakit sayo."** Si Tita Gema.

Napaupo nalang ako sa sahig habang patuloy sa pagiyak. Nabitawan ko ang kutsilyo na agad namang nilayo ni Kuya. Nang iangat ko ang tingin ko, sinalubong ako ng yakap ni Mama at Aries.

**"Tama na... Walang mananakit sayo. Hindi ako papayag na may manakit sayo."** Bulong ni Aries.

**"Patawarin mo ko, patawarin mo si Mama..."** Paulit-ulit na sabi ni Mama habang umiiyak.

Kusang tumaas ang mga braso ko para yamakap din sa kanila.

Gulong-gulo ako. Hindi ko alam kung ganito ang nagyayari sakin. Kung bakit parang ang laki ng takot ko at ang lakas ng loob ko manutok ng kutsilyo.

*Sa sobrang galit at takot ko, kaya ko ng gawin kahit ano.*

Walang lumalabas na salita sakin. Tanging pagiyak ang naging sagot ko sa tuwing may sinasabi sila sakin. Hindi ko na nabilang kung gaano katagal akong umiiyak sa bisig nila.

Kahit ng palipatin nila ko sa sofa para maupo, sumisinghap pa rin ako ng pag-iyak. Pinainom ako ni Tita Gema ng tubig para makahinahon pero parang babaliktad ang sikmura ko sa bawat lunok. Nakayapos pa rin ako kay Aries na nasa tabi ko. Panay naman ang punas at halik ni Mama sa muka ko.

**"I think you need to tell us the truth... now."** Utos ni Kuya kay Andy. **"Why are you cancelling the wedding?"**

**"I received death threats from someone."** sagot ni Andy habang nakayuko.

Napatingin siya kay Mama bago ako tinignan at hinarap ulit si Kuya.

**"Wala naman sana akong balak pansinin pero pati mga emplayado ko nadadamay. May mga client din ako na nag-atrasan na."** Malungkot na paliwanag niya. **"Nalaman kong isang businessman ang gumagawa non. Jasfher Mariano ang pangalan."**

Bahagya kong inangat ang tingin ko. Halata ang pagkagulat sa muka ni Mama at parang napailing naman si Kuya Angelo.

Si Papa? Bakit naman siya papadalhan ng death threat ni Papa?

**"Nalaman ko din na siya ang Tatay ng anak mo."** Hinarap ni Andy si Mama. **"Patawarin mo ko Jeana pero hindi ko kaya tong ginagawa sakin ng dati mong asawa. Pati kapatid kong pinag-aaral ko pinagkakalat niyang kabit ko."**

*Ay kapatid niya pala yon.*

**"Just like that? You're cancelling the wedding?"** Iritadong pagkukumpirma ni Kuya sa kanya.

**"Pasensya na."**

Napabuga ng hangin si Mama. **"May magagawa pa ba ko? Wala rin naman akong balak habulin kang putangina ka."**

Sandali kong narinig ang sarili ko pagmumura niya. Lutong.

Tumayo si Mama at umakyat ng hagdan papuntang second floor. Sumunod sa kanya si Tita Gema. Kamot batok namang tumingin samin si Andy na parang nanghihingi ng tawad.

Gustuhin ko mang maawa sa kanya nanaig sakin ang kawalan ng paki. Mas mabuti na yon kesa naman galit ang maramdaman ko sa kanya.

**"Okay ka na Jay?"** Tanong ni Kuya Angelo sakin.

**"M-medyo okay na ko."** Paos na sagot ko.

Hinarap ni Kuya si Aries. **"Mauna na kayo sa kotse."** utos niya sabay abot ng susi.

Tinanggap ni Aries yon at inalalayan akong makatayo. Sabay kaming naglakad palabas at palapit sa kotseng nakaparada. Pagpasok sa loob tinulungan din niya kong makaupo ng maayos.

**"Tell me if you need anything."** Sabi niya at tumango naman ako.

Naging tahimik kami. Ilang oras din ang hinintay namin at nakita kong palabas si Tita Gema ng bahay habang may bitbit na travel bag. Kasunod niya si Kuya na may dalang maleta at ang huli ay si Mama na may dala ding bag.

Nakatanaw lang si Andy sa kanila mula sa loob ng bahay. Sunod-sunod din silang sumakay ng kotse matapos ilagay ang mga bag sa compartment. Tumabi sakin si Mama at nagpilit ng ngiti.

**"Mukang magkakasama-sama muna tayo."** Kuwaring biro niya pero bakas sa boses niya ang pagkabigo.

Hindi ko alam kung bakit pero kusang gumalaw ang mga braso ko para yumakap sa kanya. Ganun din ang ginawa niya sakin bago ngumiti ng matamis.

Umandar na ang kotse at halos walang kumikibo samin. Paminsan-minsang nagtatanong si Tita Gema kay Kuya Angelo pero tipid lang ang mga nagiging sagot niya.

Tinignan ko si Mama na abala sa paghimas sa ulo at buhok ko kahit nakasilip siya sa bintana.

**"Ma..."** Mahinang tawag ko sa kanya.

**"Hmm?"**

**"Bakit mo sila hinayaang saktan ka?"** Tanong ko pinagtaka niya.

**"Sinong sila? Wala namang nanakit sakin."**

**"Meron. Nakita ko."** Sabi ko at inalis niya ang pagkakayakap sakin para harapin ako.

**"Anong nakita? Ano bang sinasabi mo?"**

Ramdam ko ang pagtingin sakin ng mga kasama namin sa kotse. Alam kong naghihintay din sila sa isasagot ko.

**"Meron akong nakita kanina. Hindi ka lang isang beses sinaktan at hindi lang din isang tao. Alam kong totoog nangyari yon pero hindi ko masabi kung kailan."**

Napatakip siya ng bibig at habang umaagos ang mga luha. Agad niyang hinawakan ang muka ko gamit ang dalawang kamay. Meron siyang gustong sabihin pero nauunahan siya ng pagiyak.

**"May naaalala ka na?"** Tanong ni Tita Gema habang hinahawakan ang kamay ko.

**"Fvck! We're going to a psychiatrist."** sabi ni Kuya at bigla nalang niliko ang manibela.

Umiba kami ng direksyon na kinabahala ko. Inalis ko ang mga kamay nila Tita at Mama.

**"A-ayoko. Ayoko don."** hinawakan ko ang braso ni Kuya para pigilan siya.

Inawat ako ni Aries at Mama pero hindi ko binitiwan ang hawak ko.

**"Ayoko Kuya!"**

Hininto niya ang kotse at mahigpit na hinawakan ang manibela. Alam kong galit siya at bubuga na naman apoy.

**"Gusto ko ng umuwi. Please."** Pakiusap ko.

Napabuga hangin si Kuya at sandaling tumango. Umayos ako ng upo sa pwesto ko at agad akong niyakap ni Mama.

Naging tahimik ulit kami hanggang sa makarating kami sa bahay. Hindi pa man kami nakakababa natanaw ko ang isang sasakyan sa tapat ng bahay. Nakita ko ang pagngiti ni Percy na nakasandal don.

**"What the hell is he doing here?"** Dinig kong bulong ni Aries habang nakatingin din sa tinitignan ko.

Sunod-sunod kaming nagbabaan at si Kuya ang unang lumapit sa kapatid kong mukang may tangay na malakas na hangin. Saktong kinatok niya ang bintana at bumukas ang pinto.

Lumabas ang isang babaeng may hawig kay Percy. Nakahapit na dress siya at halatang supistikadang mayaman.

*Bakit pamilyar siya?*

Bigla nalang akong hinatak ni Mama papuntang likod niya.

**"Jeana."** Bati nung babae kay Mama.

**"Jay-jay."** Tawag sakin ni Percy. **"Meet my Mom... Reycee."**

Napatitig ako sa kanya at unti-unting naging malinaw sakin. Kung andito siya, ibig sabihin andito na din si Papa.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 349

**A/N:** I-publish ko na yng isa sa mga story na matagal ko ng pinag-iisipan at tintype. Sana suportahan niyo din po.

Pasensya na kung ito lng muna, malapit na din po ilabas ang Part 2 then focus na ko tapusin ang AMNSE and Ang nahulog.

**Stepmother**

***Jay-jay's POV***

Mas matanda siya kay Mama, yun ang malinaw na pagkakatanda kong sinabi ni Percy sakin tungkol sa Nanay niya pero ang itsura niya parang kasing edad lang nina Tita Gema.

Nakanganga ako habang nakatitig sa kanya. Ngayon alam ko na itsura ni Percy kung naging babae siya.

*Ang ganda niya.*

Binaba ng maid ang dala niyang mga baso ng juice sa lamesita sa pagitan namin. Ngumiti ang Mama ni Percy at nagpasalamat.

Todo ngiti naman si Percy na hindi ko alam kung nagpapa-cute ba o nangbu-bwisit lang. Nabasag lang ang katahimikan ng lahat ng magsalita siya.

**"Umiyak ka ba?"** Tanong niya sakin.

**"A-ano... May nangyari lang."** Halos pabulong kong sagot.

Tinignan niya si Aries na nakatayo sa likod ko. Wala naman siyang sinabi at malamang kong matalim na irap lang ang sinagot niya dahil sa pagnguso ni Percy.

Bahagyang umubo ang Mama niya para makuha ang atensyon ko.

**"Ako nga pala si Reycee, ang mother ni Percy at ang asawa ng Papa mo."** Pakilala niya. **"Since stepmother mo naman ako, pwede mo kong tawaging Mom."**

*Wow, sosyal.*

Dinig ko ang pagsinghap ni Mama at inis na pagtawa. Nilingon ko siya na nasa tabi ko lang.

Pilit na ngumiti ang Mama ni Percy. **"Or pwede ring Tita, kung saan ka komportable."**

**"S-sige po."** Tipid na sagot ko.

Naging tahimik ulit kaming lahat. Kulang nalang may dumaang kuliglig. Alam kong naiinip na si Kuya Angelo sa tunay na pakay niya pero ayaw lang niyang maging bastos.

Mukang hindi na din makatiis si Tita Gema at siya na ang nagsimula ng usap.

**"M-mrs. Mariano. Pwede bang malaman kung ano talagang pakay niyo samin o kay Jay-jay?"**

Ngumiti siya at mukang nasiyahan na sa wakas ay may nagtanong na din sa kanya.

*Ako din, kanina ko pa gustong itanong.*

**"Andito ako para sana imbitahin kayong lahat. Dinner lang naman sa bahay. Gusto na din kasing makita ni Jasfher ang mga anak niya."**

Nangunot ang noo ko. *Mga anak?* Tinignan ko ang katawan ko baka may kadikit pala akong kakambal na hindi ko alam.

Pero hindi bali na, malinaw sa pandinig ko na gusto na kong makita ni Papa at gustong-gusto ko na rin siyang makita. Eto na ang matagal ko ng hinihintay at hinihiling.

**"Bakit? Payag ba ko?"** Iritang tanong ni Mama.

**"Jeana... Matagal na panahon naman na ang lumipas. Naghihingalo na din ang byanan ko. Wala ka ng dahilan para lumayo kayo sa kanya."** Pakiusap niya at napaisip ako.

Lolo ko ang tinutukoy niya. Buhay pa pala siya. Hindi kasi malinaw sakin kung humihinga pa ba siya o patay na. Magulo kasing kausap tong kapatid ko mahilig magpahangin.

**"Aba'y meron. Tapos na ang koneksyon ko sa asawa mong hilaw."** Mataray na sagot ni Mama. **"Matapos akong lokohin. Nangako-ngako ng kasal tapos malalaman kong may asawa pala! Ang kapal ng muka niya! Ipaglalaban daw ako at bubuo ng pamilya, ulol! Nasan ang mga pangako niyang hindot siya! Napilitan akong mag-asawa kuwari ng iba para lang makatakas ang Tatay niya—."** Natigilan siya ng maramdamang nakatingin kaming lahat sa kanya.

*Bakit parang bitter?*

Meron lang akong napansin sa mga sinabi niya. Anong ibig niyang sabihin sa mag-asawa kuwari? At bakit niya tatakasan ang Lolo ko? Alam ko namang ayaw samin ng matandang yon pero anong ginawa niya at galit na galit itong si Mama sa kanila.

Hinawakan ko si Mama sa braso niya. **"Ma... Matagal ko ng gustong makita si Papa. Baka pwede hanayaan mo na ko."**

**"Hindi mo alam ang ginawa sakin ng pamilyang yan."** Inis na sagot niya sakin.

**"Wag mo namang pahirapan ang bata. Hayaan mo na siyang makasama ang Tatay niya."** Pakiusap ng Nanay ni Percy.

**"Yes, agree agree."** Gatong mismo ni Percy.

Halatang matigas si Mama at hindi payag na magkita kami. Gusto kong umiyak dahil sa pagdadamot na ginagawa niya.

Sayang na sayang ang pagkakataon. Hindi na ko kailangang dalhin ni Percy sa New York para lang makita ang Papa ko. Hindi ko na rin kailangang maghintay ng tamang edad para gawin yon. Pwede ko na siyang makaharap ngayon pero hindi pa rin pwede dahil ang lakas maka-kontra ni Mama na halatang bitter na bitter sa pagmamahalan nilang nauwi sa kasawian.

*Hindi maka-move on.*

**"Mas mabuti siguro kung hayaan niyo muna kaming pag-isipan to."** Suhestyon ni Tita Gema at tumango naman ang Nanay ni Percy.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Gusto kong sumama sa kanila. Kahit sa kanila na ko tumira, ayos lang. Basta makita ko lang si Papa.

May ibinaba ang Nanay ni Percy sa lamesita sa harap namin. Huli ng makita kong calling card yon. Nakuha na ni Mama at nilukot sa kamay niya.

Napangiwi si Percy sa nakita. Pilit siyang ngumiti sakin bago sila tumayo.

**"Please Jeana. Tawagan mo ko."** pakiusap ng Nanay ni Percy bago tumingin sakin at ngumiti. **"Aalis na muna kami."** Tinignan niya si Aries. **"Ipapadala na dito ang kotse mo, sana magustusan mo."**

Halos mabali ang leeg ko sa paglingon sa kapatid kong nasa likod ko.

*Anong kotse?*

**"Shit."** Bulong niya pero dinig ko pa rin.

Napatayo ako ng maglakad na sila palabas ng bahay. Hinatid sila nina Tita Gema at Kuya Angelo. Nang mawala sila sa paningin ko pareho na ding nakaalis si Mama at Aries.

Hindi ko alam kung sino ang uunahin kong puntahan. Kung hindi ko lang naramdaman ulit ang pagkirot ng tuhod ko malamang naikot ko na ang buong bahay.

Nasagot lang ang pinag-iisipan ko ng natanaw ko si Aries na papasok sa kwarto niya. Siya muna ang kakausapin ko.

**"Aries!"** Tawag ko na parang nagtatawag ng kaaway.

Pabalibag kong binuksan ang pinto at mukang alam na niya ang dahilan kung bakit ako andito sa kwarto niya.

**"Bakit ka nila bibigyan ng kotse? Anong ibig sabihin non?"** nagmamadaling tanong ko.

*Bakit ako wala?*

Huminga muna siya ng malalim. **"G-ganito kasi..."**

Bumukas ulit ang pinto ng kwarto niya at pumasok si Kuya.

**"Explain Aries! What car is she talking about?"** Galit na tanong niya.

Napasabunot ang kapatid kong nanghuhula ng kapalaran. Halatang nalilito siya sa kung sinong unang kakausapin samin ni Kuya Angelo.

**"Explain ka daw."**

Tinignan niya ko at si Kuya. **"Galing kay Papa."**

*The who?*

**"Sinong Papa?"** Tanong ko at bumalik sa isip ko ang lalaking kumidnap samin nong mga bata pa kami.

**"Sa Tatay natin."** sabay turo sakin at sa kanya.

**"Bakit ka nakiki-Papa? Anak ka din ba niya?"**

Pinagtaasan niya ko ng kilay. **"Ayun ang gusto niyang itawag ko sa kanya."**

**"Bakit naman niya—?"** Naputol ang itatanong ko ng meron akong mapagtanto sa sinabi niya.

**"Nagkikita kayo?"** Pagkukumpirma ni Kuya.

**"N-Nagkikita kayo ni Papa?"** Paguulit ko. Hindi makapaniwala sa nalaman ko.

Tipid na tango ang sinagot niyang nagkumpirma ng tanong namin. Sunod-sunod ng nagmura si Kuya at sinamahan ng pagsermon sa kanya.

Naging tahimik ako dahil pakiramdam ko dinaya na naman ako. Para akong sumali sa laro na alam kagad kung sino ang panalo. Ako dapat ang una nyang nilapitan pero bakit nauna pa niyang nakausap si Aries.

*Ako dapat yun.*

**"Since when are you doing this behind my back?"** Galit na tanong ni Kuya sa kanya. **"At talagang naitago mo sakin to?"**

**"Simula nong mag-highschool ako. At first he was just sending me messages then he ask to meet up. Don na kami nagkaroon ng maayos**

**na communication."**

Ganon katagal na silang nag-uusap. Ganon katagal na niyang nakakaharap ang Tatay ko. Bumalik sakin ang nangyari ng minsang magkita kami ni Papa sa parking ng isang University.

Kaya pala ganon nalang niya paalisin si Papa. Kaya pala sinunod kagad niya si Aries dahil meron na silang communication non. Dahil pwedeng-pwede na silang mag-usap.

Hindi ko namalayang tumutulo na pala ang mga luha ko.

**"B-Bakit ikaw? Bakit ikaw ang una niyang pinuntahan. Bakit hindi ako? Ako ang anak niya, dapat ako ang kinontak niya."** Sunod-sunod na tanong ko at napahagulgol ako. **"Ang tagal ko na siyang gustong makita. Ang tagal-tagal ko naghihintay sa kanya. Ang tagal-tagal kong umasa na magkikita kami. Tapos ikaw, isang text lang sa kanya."**

Ramdam ko ang pagtitig sakin nila Kuya at Aries na para bang may batang nagwawala sa harap nila. Pero wala akong paki sa itsura ko. Kahit magkanda tulo ang luha at sipon ko sa harap nila, wala na sakin basta mailabas ko lang ang bigat sa dibdib ko.

*Ako kasi dapat yon.*

**"Si Kuya ang tanungin mo. Masyado siyang mahigpit sayo kaya hindi makahanap ng tyempo si Papa—."**

**"WAG MO SIYANG TAWAGING PAPA!"** Putol ko sa sasabihin niya. **"TATAY KO YON! HINDI SAYO! MAGKAIBA TAYO TATAY! Tanga ka, tanga."** sigaw ko na halos magpapaos ng boses ko.

**"Itinuturing din niya kong anak! Bilang respeto may karapatan akong tawagin siyang Ama!"** sagot niya sakin na kinagalit ko.

Hinampas ko siya sa dibdib. Dahil sa panlalabo ng mga mata ko hindi na malinaw sakin kung saan tumatama ang mga hampas ko.

**"Mang-aagaw ka ng Tatay! Mang-aagaw ka ng Tatay!"** Sigaw ko kasabay ng bawat hampas.

**"Aray, Jay. Aray."** Dinig kong sabi ng kaharap ko.

Dinilat kong mabuti ang mga mata ko at ang salubong na kilay ni Kuya Angelo ang bumungad sakin.

*Ay mali pala ako ng hinahampas.*

**"Anong nangyayari dito?"** Boses ni Mama mula sa likod ko. Agad akong tumakbo palapit sa kanya.

**"Ma! Si Aries, mang-aagaw ng Tatay ang putangina!"** Tuloy-tuloy na sabi ko na parang nagmamakaawa sa kanyang paluin si Aries.

**"Huminahon ka nga! Ano bang nangyayari?"**

**"Si Aries nga!"**

**"I just admit that I have communication with Papa."** Parang wala lang na paliwanag niya.

Lalo akong napaiyak ng malakas. Bakit parang wala lang sa kanya yon? Sobrang halaga sakin ng bagay na yon.

**"Sinong Papa?"**

**"Mr. Mariano."** Sagot ni Kuya.

Pinanlakihan ng mga mata ni Mama si Aries. **"Bakit kayo nag-uusap ng lalaking yon?"** Si Kuya naman ang binalingan niya. **"Hinayaan mo lang?"**

**"Nasalisihan ako."**

Nagtalo si Mama at Kuya sa harap ko. Kinagagalitan din nila si Aries na panay lang ang kamot sa ulo. Ilang beses kong pinunasan ang mga luha ko pero tuwing mapapatingin ako kay Aries lalo akong naiiyak.

Kaya pala ganon nalang ang pakiusap niya sakin habang nasa isla ako. Ayaw niyang gumawa ako ng assumption kasi natatakot siyang sabihin sakin ni Percy ang totoo at magalit ako sa kanya.

*Teka lang? Alam din ni Percy?*

Yun ang kinatakot ni Aries. Kaya malamang na alam din ni Percy. Kaya nong araw na nasa sila kami at umuwi sila Papa nataranta ang walanghiya.

Napangawa ako sa na-realize ko. Napaupo na ko sa sahig habang umiiyak.

**"Jay! Tumahimik ka muna!"** Sigaw sakin ni Mama at bumalik sa pakikipag-away kay Kuya at Aries.

Pagapang akong lumabas ng kwarto ni Aries. Umiiyak pa rin ako na parang aping-api ako sa mga nalaman ko.

*Lagi nalang bang ganito?*

**"Jay? Anong nangyayari sayo?"** Tanong ni Tita Gema na palapit sakin. **"Madumi sa sahig. Tayo."** Utos niya at tinulungan ako makatayo.

Sumilip siya sa kwarto ni Aries. Nang mapagtantong nag-aaway-away sila sa loob, sinara niya ang pinto.

Hinarap niya ko at inayos ang buhok ko. **"Tahan na. Tahan. Ano bang nangyari?"** Pinunasan niya ang muka ko.

**"Naglihim na naman sila sakin. Ginawa na naman nila kong tanga. Matalino naman ako. Pero bakit nila ko ginaganito?"** sabi ko at humabol pa ng singhot.

**"Tama na, wag ka na umiyak. Tara kumain ka muna at baka nalipasan ka lang ng gutom."** Hinatak niya ko pababa ng hagdan hanggang papuntang dining.

*Bastos to si Tita.*

Nag-d-drama ako dito tapos inalok ako pagkain. Pero syempre hindi ako tatanggi. Masama tumanggi sa grasya.

Pinaupo niya ko at nagtawag siya ng maid para utusan na maghain para sakin. Nakatingin lang naman ako sa kanila habang hinihintay ang pagkain.

Nang maihain na lahat, tahimik akong kumain mag-isa. Iniwanan ako ni Tita para siguro balikan sina Mama sa kwarto ni Aries.

Gusto kong makumpirma kung tama ba ko sa mga naiisip ko. May alam si Percy at yun ang kailangan kong masiguro. Pero paano ko gagawin yon kung nakay Kuya ang cellphone ko. Hindi ko rin alam ang bahay niya maliban sa bahay ni Felix.

Malamang na wala siya don dahil kasama niya ang Nanay niya. Isa lang ang kilala kong pwedeng nakakaalam ng bahay nila.

Mabilis kong tinapos ang pagkain. Dali-dali akong lumabas. At dahil wala akong pera, kinuha ko ang bike ko sa sulok ng garahe. Alam kong delikado pero wala akong paki. Kailangan kong puntahan ang kapatid kong may kambal na hangin.

Hindi ako nagpaalam at dali-daling nagpidal paalis. May kalayuan ang pupuntahan ko pero kaya yan. Narating ko na dati ang bahay niya dahil lang sa pagba-bike, kaya alam kong magagawa ko ulit.

May kalahating oras nga lang ang inabot ko bago narating ang pakay ko. Hingal kabayo ako dahil sa pagod at uhaw sa kakapidal.

Hininto ko ang bike at walang habas na pinindot ang doorbell ng bahay ni Kei-kwanan o ni Keifer kumag. Siya lang ang alam kong nakakaalam ng bahay ni Percy o bahay nila Papa.

**"Lumabas ka dyan kwanan!"** Sigaw ko pa.

Ilang sandali lang bumukas ang gate. Kunot noong lumabas ang Hari ng mga Ulupong.

**"Jay?"** Tinignan niya ko at ang paligid. Mabilis niya kong hinatak paloob bago kuhanin ang bike ko para ipasok sa gate nila. **"Ikaw lang? Delikado yang ginawa mo."**

**"Kailangan ko tulong mo. Gagawin ko lahat ng gusto mo bilang kapalit."**

Sumilay ang malapad na ngiti sa labi niya. **"Anything that I want?"**

**"Basta hindi labag sa loob ko."**

Mabilis nawala ang ngiti niya. **"That's no fun."**

**"Ito naman eh. Mamaya mo na isipin ang kapalit. Tulungan mo muna ako."** Pagpipilit ko.

**"Of course, for you I will do anything."**

**"Dalin mo ko sa bahay ni Percy."** Utos ko at akmang lalakad na papunta sa garahe niya.

**"Kila Felix?"**

Huminto ako at hinarap siya. **"Hindi. Sa bahay niya kung nasan si Papa ko."**

Tinitigan niya ko. **"I don't think that's a good idea."**

*Sabi tutulungan ako.*

Bumagsak ang balikat ko. **"Bakit?"**

Nilapitan niya ko at hinawakan ang dalawang kamay ko. **"Okay, to be honest with you I have been in contact with your Dad for quite sometimes now. Naging malinaw sakin ang dahilan ng hindi niya pagpapakita sayo."**

Hinintay ko ang sasabihin niya. Ibig sabihin nakausap na rin niya si Papa.

**"He's respecting your Mom's decision and he's also afraid about her threats."**

**"Banta? Banta ni Mama?"**

Tumango siya. **"Sa galit ng Mama mo kung ano-ano ng banta ang binitiwan niya."**

**"At natakot si Papa don?"**

Tumango ulit siya. **"I assume it involves her, Aries, and your life."**

Napaupo ako sa sahig dahil sa panlalambot. Naupo si Keifer para pantayan ako.

**"Napapagod na ko. Gusto ko lang namang makasama ang Papa ko."**

Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok ko sa muka at dinala sa likod ng tenga ko.

**"Kaunting tiis nalang. Alam kong gumagawa na ng paraan ang Papa mo para mapapayag ang Mama mo."**

**"Hanggang kailan pa ko magtiis?"**

**"Who knows. Baka bukas o sa susunod na araw nalang. Basta kapit lang."** Ngumiti siya at hinalikan ako sa noo. **"Kung gusto mo talagang makita si Percy, papupuntahin ko nalang siya dito."**

Tumayo siya at hinatak ako patayo. **"Buti kung pumayag yon."**

**"Tss... Remember? I have my ways and I will always find a way."**

Bakit parang bumalik ang oras? Ganyan-ganyan siya sakin dati. Nakakamiss din pala kapag gumaganyan siya. Namiss ko din ang linya niyang pang-bangko.

Kinuha niya ang cellphone niya at tinawagan ang number ni Percy. Dinikit niya yon sa tenga niya at nakailang ring lang bago sagutin ng kapatid kong bagyo.

**"Andito si Freya, and she's crying."** Sabi ng Hari ng mga Ulupong at pinatay ang tawag ng hindi hinihintay ang isasagot ni Percy.

Napakurap-kurap ako. Ganon kadali?

*Pupunta naman kaya?*

**"Magmiryenda ka muna sa loob."** Aya niya sakin at tumango naman ako.

Pagpasok namin sa bahay, nanibago ako. Para kasing biglang lumiwanag. Malayong-malayo sa bahay nilang madilim dati. May nga maid din akong nakikita hindi kagaya non na parang walang ibang tao.

Dumiretso kami sa Dining area. Napatitig ako sa malaking lamesa nila. Kasya yata isang buong barangay na handa.

**"Sit."** Utos niya at pinaghatak pa ko ng bangko.

Nang makaupo ako ng maayos nagpaalam siyang pupunta sa kusina. Pagbalik niya, kasunod na niya ang mga maid na may mga dalang pagkain. Binaba nila yon isa-isa sa harap ko.

**"Young Master, your cousin Hazel is on the line."** Sabi ng isang lalaking nakasuot puting long sleeve at vest.

*Siya ba yung butler?*

**"I'm busy."** sagot niya at yumuko lang ang lalaki bago tumalikod.

Humarap siya sakin at ngumiti. **"Kain na."**

**"Magkano sahod ng katulong niyo? Pwede ba ko mag-apply?"** Dire-diretsong tanong ko.

Hindi ko maiwasang pagmasdan ang mga maid. Para kasi ang gaganda n kutis nila at mukang hindi nahihirapan sa trabaho. Meron pa kong nakita na naka-pearl earings kaya malamang na malaki ang sahod.

Malakas siyang tumawa. **"Why are you applying as a servant when you can apply to be my wife? Sayo kagad ang lahat ng to."**

Sandali akong napatitig sa mga pagkaing kaharap ko. Tumingin ulit ako sa kanya at tumango.

Dali-dali niyang kinuha ang cellphone at may tinawagan.

**"Hello Attorney? Can I get married now? Like now, now."** sabi niya at malakas akong napatawa.

**"Hoy! Joke lang! Tigilan mo yan! Wala pa kong legal age!"**

Inirapan niya ko bago binaba ang cellphone. Minsan talaga parang hindi niya ginagamit ang isip niya. Sayang ang talino niya, ipasa nalang niya sakin.

*Masusulit ko yan.*

**"Kumain ka na."** Utos niya at ginawa ko naman.

Sinimulan kong kumain habang pinapanood niya ko. Paminsan-minsan siyang tumitingin sa cellphone niya pero babalik din agad ang tingin sakin.

**"Takaw."** Dinig kong komento niya.

**"Mahal mo naman."** bawi ko at malapad siyang ngumiti.

**"Yes, I do."**

Pabiro ko siyang inirapan at bumalik na sa pagkain. Napaangat ako ng tingin ng tumayo siya at hatakin silya palapit sakin.

**"Subuan mo ko."** Utos niya matapos ilapit ang bangko at maupo.

Inambaan ko siya ng tinidor. **"Saksakin kita nito."**

**"Saksakin mo ko ng pagmamahal."** sagot niya at inagaw sakin ang tinidor.

Sinabayan niya kong kumain. Hindi ko napansin ang oras at nawala na din sa isip ko na hindi ako nagpaalam samin. Muntik ko na ding makalimutan si Percy, kundi lang namin narinig ang boses niya na sigaw ng sigaw.

**"Where's Freya? Keifer! Ilabas mo si Freya!"**

Agad kaming tumayo para salubungin siya. Natagpuan namin siya sa may pintuan. Panay ang ikot niya at pindot sa cellphone. Tumigil lang siya sa ginagawa ng makita kami.

**"Bakit nandito ka?"** Tanong niya sakin bago harapin si Keifer. **"Where's Freya?"**

**"Walang Freya, merong Jay-jay na gusto kumausap sayo."**

**"You trick me?"** Nakasimangot na tanong niya.

Bago pa humaba ang usapan nila sumingit na ko. **"Meron akong gustong itanong sayo. At mahalaga to kaya ihanda mo ang paliwanag mo."**

Sandali siyang tumitig sakin. Hinawakan niya pa ang magkabilang braso na parang natatakot. Gusto kong matawa sa reaksyon niya pero mas gusto kong marinig ang totoo bago siya mag-inarte sa harap ko.

**"M-may ginawa ba kong masama?"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 350

**A/N:** Hi guys, sorry if I broke my promise last night. Nawalan kami internet. 😑😑 Mabagal na nga ang lintik nawala pa.

Mabuti nalang nabalik na ngayon, akala ko aabutin na naman ng 1week kagaya dati.

Hope you enjoy.

**Sunday Bless**

***Jay-jay's POV***

Gusto magpakabit ng laser sa mga mata para matunaw na tong kapatid kong anak yata ng hanging Habagat.

**"Magsalita ka na?"** Inis na utos ko.

**"Pilitin mo ko."** Mapang-inis naman na sagot niya.

*Putarages talaga to.*

Kanina ko pa siya gustong murahin. Kung wala lang sana tong si Keifer sa harap ko baka paulit-ulit na kong nagmura.

**"Percy!"** Singhal ko.

**"Jay-Jay!"** Pang-gagaya niya.

**"Stop your childish game Percy. Just answer Jay."** Utos ni Keifer.

Sandali muna siyang tumawa bago napabuntong hininga.

**"Bakit ba kasi ako tinatanong dito?"** Tanong niya bago mapakamot sa ulo. **"Huli ko na nalaman na nagkakausap sila."**

Tinignan ko siya ng masama. **"Yun lang?"**

**"Yun lang talaga."** Paglilinaw niya.

Natakot lang pala si Aries sa wala. Akala niya siguro isusumbong siya nitong kumag kong stepbrother na to sakin. Wala din naman siyang alam dahil mukang hindi rin sinasabi sa kanya ni Papa.

Nasayang lang pala ang punta ko dito. Napanguso ako bago mapaupo sa sahig. Gusto ko na namang maiyak dahil sa inis.

Naiinis ako dahil niloko ako ni Aries. Maiintindihan ko kung magkagalit pa rin kami kaya niya tinago pero okay na kami ngayon eh. Siya pa ang nagsabi na babawi siya, kaya ano tong paglilihim na ginawa niya.

**"Percy..."** Halos paiyak na tawag ko sa kanya. **"Gusto ko na makita si Papa."**

**"Ay wag ako ang pakiusapan mo."** Panggagaya niya sa tono ko.

*Bwisit.*

**"Kahit secret lang natin. Walang makakaalam."**

**"Sige. At secret din ang magiging pagkamatay ko sa kamay ni Angelo. This time it will be for real."**

Bahagya akong napasibangot. Ang laki naman ng takot niya kay Kuya Angelo.

*At ganon din ako.*

**"Ano bang dapat kong gawin?"** May halong pakiusap ang tono ko.

**"Kausapin mo ang Nanay mo."** Mabilis na sagot ni Percy. **"Kumbinsihin mo."**

Napailing ako. Paano nga? Galit na galit ang Nanay ko at hindi mapapabago ang isip. Kahit nga yata mangisay ako sa harap niya hindi pa rin siya papayag.

**"Ano namang sasabihin ko?"**

**"Sabihin labs pa rin siya ng Tatay mo."**

Parang gusto kong umiyak ng malakas. Hindi na nga ako makaisip ng paraan tapos hindi pa rin ako makakuha ng matinong sagot.

*Ang lakas maka-tangina kausap nitong stepbrother ko.*

**"Gusto na kitang sapakin."** Sabi ko at matamis siyang ngumiti bilang sagot.

Lumapit sakin si Keifer at tinulungan akong tumayo.

**"Best to convince your Mom, Jay. Mahirap unahan ang desisyon niya baka lalo mong hindi makita ang Papa mo."** sabi niya.

Napabuntong hininga ako. Para namang may iba akong choice. Suntok sa buwan kung susubukan kong kumbinsihin si Mama. Baka nga ako pa ang suntunkin niya.

**"Ano pa nga ba? Bahala na si Batman."**

Ngumiti si Keifer sakin at hinawakan ang pisngi ko. Sinandal ko ang noo ko sa dibdib niya.

**"Pagod na pagod na talaga ako."**

**"Alam ko. Pwede namang magpahinga pero dapat hindi susuko."**

Bahagya akong tumango. Sinuklay niya ang buhok ko at hinalikan ang ulo ko.

**"Anong kalandian yan?"** komento ni Percy kaya tinignan ko siya ng masama at nakakuha naman siya ng gitnang daliri mula kay Keifer.

Mabilis siyang napangiwi. Napatingin ako pintuan ng bahay ng makita ko ang naglalakad na Honey papasok.

Tinignan niya kaming lahat. **"Anong ganap?"**

Napatingin si Percy sa kanya at agad na pinag-krus ang dalawang hintuturo.

Mabilis na napairap si Honey bago kekembot-kembot na lumapit kay Keifer. Nilahad niya ang cellphone sa harap nito.

**"Sagutin mo tawag ng mga pinsan mo. Kailangan nila approval mo."**

Napatingin ako sa cellphone sa harap niya at kay Keifer. **"M-mukang kailangan ko ng umalis."**

Mabilis na kumontra ang Hari. **"You don't have to. I can talk to them later."**

**"Ay anong later? Napasugod ako dito dahil ako ang kinukulit nila. Sagutin mo na yan."** inis na sabi ni Honey.

Bahagya akong lumayo para bigyan siya ng espasyo at malayang sagutin ang tawag. Tinignan niya ko na parang humihingi siya patawad.

Kinuha niya ang cellphone at sinagot ang tawag. Nakatingin lang ako sa kanya pero hindi nakaiwas sa paningin ko ang pagtaas ng kilay ni Honey sakin. Agad niya kong nilapitan.

**"Wag kang malungkot. May kausap lang siya sa phone, hindi siya aalis."** Mapang-asar na sabi niya.

**"Hindi naman ako malungkot."** sagot ko.

Bahagya siyang tumawa at nag-make face na parang hindi tinatanggap ang sinabi ko.

Bigla nalang may humawak sa braso ko at hinatak ako palayo. Nang tignan ko ang nakasibangot na Percy ang bumungad sakin.

**"Wag mo ngang bini-brainwash si Jay-jay."** sabi niya at tinago ako sa likod niya.

Halos tumirik ang mga mata ni Honey sa pag-irap. **"I'm doing nothing."**

**"Naku! Ikaw pa."**

Mapaglarong ngumiti si Honey sa kanya. **"Ikaw, gusto mo brainwash kita?"** sabi niya at hinatak si Percy sa sinturon gamit ang isang daliri.

Matinis na sumigaw ang stepbrother ko bago hampasin ang kamay ni Honey. Agad siyang lumayo at nagtago sa likod ko.

**"Lumayo ka sakin!"**

**"Ayaw mong subukan? Magaling akong mag-brainwash. Mula ulo... pati sa baba."** sabi niya at kumindat.

*Anong ibi-brainwash sa baba?*

Parang batang nagpapadyak si Percy at umingit na parang diring-diri kay Honey.

**"Tumigil ka nga!"** singhal niya bago bumaling sakin. **"Jay-jay, patigilin mo nga yan."**

Hinawi ko ang kamay niya. **"Bahala ka nga."**

**"Arte mo! Parang hindi ka umungol non—."**

Bigla nalang sumigaw si Percy ng sobrang lakas dahilan para hindi matapos ni Honey ang sasabihin. Napalayo ako sa kanya dahil sa gulat.

**"What the fvck is wrong with you?"** Galit na tanong ni Keifer sa kanya ng tumigil siya sa pagsigaw. **"Stop messing with him!"** Baling niya kay Honey na ngayon ay ngiting-ngiti sa pang-aasar.

**"It's just a joke. Besides, I already have a boyfriend."** Sabi ni Honey na pinagtaka ko.

Ganon kabilis siyang nagka-boyfriend? Parang kailan lang umiyak siya dahil tinakasan siya ni Percy tapos ngayon may bago na siya.

**"Aalis na nga ako!"** Inis na sabi ni Percy pero agad ko siyang pinigilan.

**"Sasabay na ko sayo."**

**"Ihahatid kita."** Agad na singit ng Hari. **"It's dangerous for you."**

**"Si Percy nalang siguro maghahatid sakin."**

**"Oo ako nalang."** Pagsang-ayon ng kapatid ko. **"At itali mo yang babae na yan. Malikot."** Sabay turo kay Honey.

**"Mas mabuti kung ako nalang—."**

Agad kong pinutol ang sasabihin ng Hari. **"Hindi na. Wag ka mag-alala magiging okay ako."**

Halatang ayaw niyang pumayag pero hindi rin naman ako papayag kung ipipilit niya ang gusto. Unang-una ako ang dumayo sa bahay niya kaya bakit pa niya ko ihahatid pauwi samin? Lumabas siya para ihatid lang ako tapos uuwi din siya.

Ngumiti ako sa kanya. **"Ligtas nga akong nakarating dito di ba?"**

Tumango siya at lumapit sakin para yakapin ako. Sandali lang yon dahil naglakad na paalis si Percy at sumunod na ko.

Kinuha ko muna ang bike ko para isakay sa compartment ng kotse niya. Pilit yong isinakay ni Percy kahit halata namang hindi kasya.

Inihatid ako ni Keifer hanggang sa pinto ng kotse. Pinasakay niya ko at pinababa ang bintana pagkasara ng pinto. Ginawa ko naman.

**"Please text me when you get home."** Sabi niya at napangiwi ako.

**"S-susubukan ko."**

Wala nga akong cellphone. Nasa kamay pa rin ni Kuya Angelo.

Mabilis akong hinalikan ng Hari sa noo. Napaangat ako ng tingin sa kanya.

**"Take care."**

Tumango lang ako at hinarap si Percy para senyasan siyang magpaandar na. Nagmaneho naman siya at sinara ko na ang bintana ng kotse.

Habang nasa byahe kami panay ang bulong nitong kapatid ko na hindi ko naman naririnig ng maayos. Dahil naka-kotse sa highway siya dumaan. Napalayo nga lang ako sa bahay pero ayos lang.

Huminto kami sandali dahil sa traffic.

**"Sino namang papatol sa babaeng yon?"** Sabi niya habang nakatingin sa labas ng bintana.

**"Ano?"**

**"Kilala mo ba boyfriend ni Honey?"** Tanong niya sakin at umiling naman ako bilang sagot.

**"Itsura na yon may pumatol?"** Hindi makapaniwalang tanong niya.

**"Anong milagro naman kaya ang ginawa niya?"**

**"Bakit naman kaya siya pinatulan ng lalaki?"**

**"Baka naman napikot niya yung lalaki."**

Napangiwi ako. Ang lakas niya kasi makalait halata namang hindi niya tanggap na may boyfriend na si Honey.

Hindi ko rin naman masisi yung isa dahil napagod na paghahabulan nila. Arte-arte din kasi nitong kapatid ko halata namang nagustuhan niya ang ginawa sa kanya.

*Pakipot pa.*

Halos buong byahe namin na ganon ang ginagawa niya. Paliko na sana ang kotse sa kanto papunta sa bahay ng pitigilin ko siya at ang kotse.

**"Bakit?"**

**"Hindi ka pala pwedeng makita nila Kuya, baka isipin nila na nagkita kami ni Papa."** Paliwanag ko at napatango naman siya.

**"Tama ka sis. Baka magkagulo."**

Pinatay niya ang makina ng kotse at bumaba. Sumunod naman ako para kuhanin ang bike ko sa compartment.

Sandali kaming nagpaalam sa isa't-isa bago naghiwalay ng landas. Nagbike ako pauwi sa bahay at siya naman ay pinaandar na ang kotse paalis.

Napahinto ako pagdating sa gate. Matindi-tindi ang kabang nararamdaman ko. Hindi ako nagpaalam at basta nalang umalis. Malamang ko masermonan na naman ako nito.

Dahan-dahan kong pinasok ang bike ko at pinarada sa sulok. Sa totoo lang sumasakit pa rin ang tuhod ko pero dahil sa mag nangyari parang hindi na ko tinatablan ng sakit. Sumilip ako sa pinto bago unti-unting pumasok ng bahay.

**"Jay-jay!"** Sigaw ni Mama at sinalubong ako ng yakap.

Kasunod niya si Tita Gema na hawak-hawak ang cellphone.

**"Saan ka ba galing? Pinag-alala mo kami."** Sabi niya at hinarap ang cellphone. **"Pababalikin ko na si Aries at Angelo."**

Bumitaw sakin si Mama at hinawakan ako sa magkabilang balikat.

**"Bakit basta-basta ka nalang umaalis?"**

**"Gusto ko lang."** Sagot ko at agad na nangunot ang noo niya.

Hinampas niya ko sa braso. **"Ano ka ba? Nag-aalala kami dito. Mas natakot ako ng sabihin ng Kuya mo na may nagbabanta sa buhay mo."**

**"Eh ano naman? Gusto kong lumabas kaya lalabas ako."**

**"Hindi pwedeng basta-basta mo nalang gagawin ang gusto mo."**

**"Bakit ikaw? Basta-basta mo din naman ginagawa ang gusto mo ah? Bakit ako hindi pwede?"**

Matalim niya kong tinignan. **"Ano na naman bang gustong mong iparating?"**

**"Tama naman ako ah? Hindi ka payag na magkita kami ni Papa, yun ang gusto mo at yun ang nasunod. Bakit ako hindi malayang gawin ang gusto ko?"**

Napabuntong hininga siya bago nahilamos ang muka gamit ang isang kamay. Tumalikod pa siya sakin para lang pakalmahin ang sarili niya.

Humarap ulit siya sakin. **"Umakyat ka na. Magpahinga ka na. Ako na kakausap sa Kuya Angelo mo."**

Padabog akong umalis sa harap niya at naglakad papunta sa kwarto ko. Pabalibag ko din sinara ang pinto pero dahil sa lakas ng pwersa kusang bumalik ang pinto papunta sa sakin. Sobrang bilis non at naramdaman ko nalang ang pagtama sa muka ko.

*Basag ang muka.*

Mabilis akong napahawak sa noo ko at napaupo sa sahig.

**"Tangina kang pinto ka!"** Inis na sigaw ko. **"Kingina mo! Kingina mo!"**

Dahan-dahan akong tumayo at pinagpag ang suot ko bago ibalibag ulit ang pinto. Mabuti nalang at tumuloy na sa pagsara.

*Kundi papalitan ko yan.*

Napadapa ako sa kama bago magpapadyak dahil sa inis. Gusto kong sirain ng tuluyan ang pinto at gusto ko ding magwala dahil sa sitwasyon ko.

Bakit ba kasi kailangan ni Mama'ng magmatigas ng ganito? Hindi lang naman to tungkol sa kanya. Tungkol din naman to sakin at sa pang-aagaw ni Aries ng Tatay.

Namalipit ako at nangisay-ngisay dahil sa sobrang inis. Hindi ko alam kung paano ang gagawin ko mawala lang tong sama ng loob ko.

Makailang beses pa kong nagpapadyak hanggang sa hindi ko namalayan at nakatulog nalang ako.

Nagising ako kinabukasan na sumasakit ang tyan dahil sa gutom. Sobrang haba ng naging tulog ko pati hapunan nalagpasan ko. Nagwawala na tuloy ang mga alaga ko sa tyan.

Halos pagapang akong pumasok sa banyo dahil sa panlalambot. Nanlaki ang mga mata ko ng makita ko ang sarili ko sa salamin. Hapunan palang ang nalagpasan ko pero pumayat na kagad ako.

*Anong mahika to?*

Diretso ligo na ko dahil hindi rin ako nakapaglinis ng katawan bago matulog. Medyo nanibago ako kasi madalas hindi ako naliligo kapag weekend unless nalang kung may lakad.

Matapos magbihis at mag-ayos lumabas na ko at naglakad papuntang kusina. Nasa hagdan palang ako naririnig ko na ang bunganga ng Nanay ko. Mukang meron na naman siyang kaaway.

Pagdating sa sala bumungad sakin ang mga naglalakihang bouquet ng bulaklak. Iba't-ibang kulay at iba't-ibang disensya. Halatang galing sa iba't-ibang tindahan dahil my mga pangalan pa ang iba.

Napatingin ako sa pintuan ng marinig ko ang malulutong na mura ni Mama. Sumilip ako at ganon nalang ang gulat ko ng makita ang mga panibagong grupo ng bouquet

**"Ibalik niyo nga yan sa pinanggalingan! Hindi ko kailangan ang mga yan!"** Galit na sigaw ni Mama.

**"P-pasensya na po. Hindi po pwede. Address niyo lang po ang inilagay na recipient."** Sabi ng delivery boy habang napapakamot sa ulo.

**"Pwedeng malaman kung kanino galing?"** Tanong ni Tita Gema na nasa tabi lang ni Mama.

**"Mr. Mariano po."**

**"Ay putangina!"** Sigaw ni Mama at napaatras ang delivery boy sa takot sa kanya.

Bakit parang sarili ko ang narinig kong nagmura? Bumubulong na ba sakin ang konsensya ko dahil sa dalas kong magmura?

*Ikaw ba yan konsensya?*

Tinalikuran ko na sila at dumiretso na sa kusina. Mabuti pa si Mama my pabulaklak galing kay Papa. Si Mama rin may bulaklak para sa kanya—*mabulaklak na mura.* Samantalang ako wala pero may pa-isla lang naman.

Habang abala sa paghahanap ng pagkain pumasok si Kuya sa kusina at dumiretso sa refrigerator. Tumabi naman ako para hayaan siya. Kumuha lang siya ng Chuckie at inalog yon bago isaksak ang straw at ilagay sa bibig niya. Naghanap din siya ng pwedeng kainin.

**"Kuya."** Tawag ko at bahagya naman siyang tumingin sakin. **"Cellphone ko."**

Inirapan niya ko. **"Tinapon ko."**

**"Ay! Hindi nga?"** Gulat tanong ko.

**"Nainis ako. Maingay kasi."**

Nakanganga pa ko na parang hindi makapaniwala sa ginawa niya.

**"Kuuuyyyyyyaaaaaaaa!!!"**

Nagpapadyak pa ko dahil sa inis. Minsan lang ako magka-cellphone ng maganda tapos tinapon pa.

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. Tinignan ko kagad siya ng masama dahil nakuha kong pinagt-tripan lang niya ko.

**"It's a joke. Nasa kwarto ang cellphone mo."**

**"Pwede ko na makuha?"**

**"Hindi."**

Napapadyak ulit ako. **"Kuya naman!"**

**"Umalis ka ng walang paalam kahapon. Yan ang parusa ko sayo."**

**"Kasi nga! Intindihin mo ko! Gusto ko na nga makita si Papa pero kumukontra ang Nanay ko!"** Inis na sabi ko.

**"Still. Baka nakakalimutan mong nasa panganib ang buhay mo."**

Nagpapadyak ako at halos maiyak na sa inis. **"Dapat naiintindihan mo ko. Wala ka ding Tatay—."**

Agad kong tinakpan ang bibig ko ng mapagtanto ko ang sinabi ko. Oo, pareho kami sitwasyon pero yung sakin buhay at andyan lang pero yung sa kanya, walang nakakaalam.

**"S-sorry."**

**"Naiintindihan kita pero may kinikilala akong ama, Julz ang pangalan."** Sabi niya na parang nang-iinggit pa.

**"Edi ikaw na!"** Hinablot ko ang manggas ng damit niya. **"Kuya kasi, balik mo na cellphone ko."**

Niyugyog ko siya dahilan para hindi niya mainom ang hawak. Halos mapunit din ang v-neck shirt niya.

**"L-let go."**

**"Cellphone ko!"**

**"Enough. Nahuhubaran ako."**

Hindi ko siya pinansin at tinuloy lang ang ginagawa. Mukang napikon na siya dahil sa pagbaba niya ng hawak sa tabi ng lababo.

**"I said enough!"** Sigaw niya na parang nag-echo sa buong bahay.

Agad akong napabitaw at napalayo sa kanya. Inayos niya ang damit habang hindi inaalis ang tingin sakin. Kinuha ulit niya ang chuckie.

**"Pag-iisipan ko kung ibabalik ko na ang phone mo."** sabi niya at naglakad na paalis.

Napanguso ako. Sana ibalik na niya sakin. Balak ko ding itext si Keifer dahil hindi ko yon nagawa kahapon baka nag-alala na yon.

*Wow, mag-jowa?*

Tangina rin ang lalaking yon. Hindi daw kailangan ng label tapos kinabukasan inaaya akong maging girlfriend niya. Tukmol!

Binalik ko nalang ang atensyon ko sa ref para maghanap ng makakain. Napag-initan ko ang mga tirang ulam kagabi na nasa container. Ininit ko nalan ang napili ko sa microwave.

Habang abala sa pagkain, pumasok ng kusina si Mama at Tita Gema. Panay ang tawa ni Tita pero halatang pikon na pikon naman si Mama.

**"Kausapin mo na kasi."** Mapang-asar na sabi ni Tita.

**"Lumayo ka sakin. Sasampalin kita."** Banta ni Mama pero tumawa lang si Tita.

Sabay silang napatingin sakin ng mapansin ako.

**"Yan lang kakainin mo? Gusto mo magpaluto? Tatawag—."**.

Agad kong pinigilan si Tita. **"Okay na po ako dito."**

Tinignan ko si Mama na kasalukuyang nagsasalin ng tubig sa baso. Seryosong-seryoso siya at mukang hindi pa rin nauunat ang kunot niyang noo. Baka hindi kayanin ng botox yan.

Walang nagsasalita samin at panay ang tingin ni Tita sakin at kay Mama.

**"Ang gaganda ng bulaklak."** Basag ko sa katahimikan.

Kita ko ang pag-irap ni Mama at ang mahinang pagtawa ni Tita Gema.

**"Ipatapon mo nga ang mga yan. Kairita."** Sabi ni Mama at lumakas ang pagtawa ni Tita Gema.

**"Sayang naman ang mga yan."** hinayang na sagot ni Tita.

**"Sige, itabi mo. At kapag nagkita kami at napatay ko siya ilagay mo sa puntod niya."** Padabog na nilagay ni Mama ang baso sa lababo.

Hindi ko maiwasang hindi mairita. Sinusuyo naman siya ni Papa. Ibig sabihin, handang makipag-ayos sa kanya. Alam kong mahirap magpatawad pero nakasalalay ako dito.

**"Kausapin mo na kasi."** Inis na sabi ko at tinignan nila ko pareho.

**"Hindi ganon kadali yon."** Sagot niya sakin.

**"Kung hindi mo siya kayang patawarin, hayaan mo nalang akong makita siya."**

**"Tumigil ka."**

**"Bakit si Aries hinayaan niyong makita si Papa? Bakit ako hindi?"**

**"Hindi ko siya hinayaan! Tinakasan niya kami!"**

**"Kailangan ko na din ba kayong takasan para makita—?"**

**"Utang na loob Jay!"** Putol niya sa sasabihin ko.

Balak ko sanang ipagpilitan ang gusto ko pero tinalikuran na niya ko at iniwan kami. Agad akong tinabihan ni Tita at inakbayan.

**"Kaunting pasensya. Hindi mo masisisi ang Mama mo. Masakit ang naranasan niya sa pamilya ng Papa mo."** sabi niya at hinimas ang braso ko.

**"Hindi ko maintindihan."**

**"Ipinaglaban ng Mama mo ang karapatan mo. Kahit puro masasakit na salita ang natanggap niya, nagpabalik-balik siya sa Mansyon nila."**

Napatingin ako kay Tita. Parang ang hirap maniwala na ginawa yon ni Mama. Siya ang tipo ng taong hindi papayag na ganunin lang.

**"Anong nangyari?"**

**"Tatay mo na mismo ang naglinaw na may asawa na siya."**

Napatanga ako. Tinanggap lang lahat yon ni Mama. Parang hindi ko yon kaya para sa kanya. Wala din sa itsura ni Mama na papayag na ganunin siya.

*Hinarap niya yong lahat mag-isa?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 351

**A mother**

***Jay-jay's POV***

Abala si Mama sa pagtutupi ng mga damit ko sa kwarto ko. Pasulyap-sulyap ako sa kanya habang kuwaring nag-se-cellphone ako.

*Nakuha ko na ang phone ko.*

Wala naman akong ginagawa kundi ang basahin ang mga chat ng mga Ulupong.

**Eren:** *Merong akong irereto sayo Felix. Mary Jewel Malaluan ang name.*

**Felix:** *Manahimik.*

**Drew:** *Sakin mo nalang ireto.*

**Eren:** *Si Felix nga ang gusto.*

**Blaster:** *Si Edrix ang retohan mo.*

**Rory:** *My friend na yan.*

**Eman:** *Hanggang ngayon friend pa rin.*

**Edrix:** *Huh?*

**Kit:** *Akala ko my progress na?*

**Edrix:** *Ano? Anong progress?*

**Rory:** *WALA!*

Napangiwi ako. Daldal kasi ni Rory. Mukang sinabi niya sa iba ang ginagawa namin pero nakalimutan naman niyang linawin na walang alam si Edrix sa ginagawa namin.

Natigilan ako sa pagbabasa ng may dumating na text message galing kay *GagongBaliw*.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Hey, your still not answering my messages.*

Nakalimutan ko siyang itext. Hindi ko rin naman hawak ang phone ko kahapon kaya hindi ko siya nareplyn. Mabilis akong nagtype ng reply sa kanya.

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *Ngh@y0n qouh lhangs n@küha ph0ne qowhs.*
(Ngayon ko lang nakuha phone ko.)

Sandali kong tinignan si Mama ng ilabas niya lahat ng damit ko mula sa cabinet. Napangiwi ako ng makita kong dinaig pa ang ukay-ukay ng itsura ng mga damit ko.

**"Ano ba yan? Matuto ka namang magtupi ng damit."** sabi ni Mama.

Hindi ko siya pinansin at binalikan lang ang katext ko.

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *What's up? Kinagalitan ka ba?*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *H3índhe. Pw3r0 mErhon aqowh n@laMhan.*
(Hindi. Pero meron ako nalaman.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *And what is that?*

**To:** *GagongBaliw*
**Message:** *C MhaM@mia ey p3nagLhaban dhaw ang k@rhapAtn qouh ky Ppa. MhukAng na-hurt c MhaM@mia khya g@nheto ang dr@ma niya.*
(Si Mama ay pinaglaban daw ang karapatan ko kay Papa. Mukang nasaktan si Mama kaya ganito ang drama niya.)

**From:** *GagongBaliw*
**Message:** *Jay.... I don't understand a thing.*

Napanguso ako. Ang hirap-hirap mag-type tapos hindi pala niya maintindihan. Akala ko ba matalino siya? Tapos ngayon I don't understand.

*Saan utak mo pare?*

Napabalikwas ako ng mag-ring ang cellphone ko. Tinignan ako ni Mama kaya agad akong tumayo at lumabas para sagutin ang tawag.

**"Bakit ka pa tumawag?"** Bungad ko.

**["*It so hard to understand. Daig pa cryptic code ng message mo.*"]** Sagot naman ng Keifer kumag.

**"Sa ganon ako magtext eh."**

**["*Just tell me what you have discovered.*"]**

Sinilip ko muna ang pinto ng kwarto ko bago pabulong na kinwento sa kanya ang nalaman ko. Tahimik lang siyang nakikinig at hinintay akong matapos.

**"Tingin mo yun ang dahilan? Di ba may mga nalaman ka na tungkol kay Papa at sabi mo pa nga nakakausap mo din siya."**

**["*Unfortunately, I don't know the exact reason. Pero malinaw sakin na nirerespeto ng Papa mo ang desisyon ng Mama mo.*"]**

Napanguso ako. **"Matigas pa sa bato tong si Mama."**

**["*Oh baka pinatigas ang puso niya ng panahon.*"]**

*Wow, puso.*

Pagtatawanan ko sana ang kakornihan niya pero napatigil ako sa sunod niyang sinabi.

**["*May mga taong tumitibay dahil sa pagsubok ng panahon pero nanatiling malambot ang puso. At may mga tao ding tumitibay pero nagiging matigas ang loob.*"]**

May punto siya. Marami ngang pinagdaanan si Mama kaya hindi kataka-takang naging matigas siya. Pero bakit nagsasalita ng ganito si Keifer? Saan humuhugot ng life experience ang isang to.

**"May pinagdadaanan ka ba? Kailan ka pa naging ganyan kakorni?"**

**["*I'm telling the truth Jay.*"]**

Napayuko ako. Totoo naman.

**"Eh anong gagawin ko?"**

**["*Best to talk to your Mom and find out the reason of her grudge. Baka pag alam na natin ang dahilan makaisip na tayo ng ibang tactics kung paano siya mapapa-payag.*"]**

**"Tama-tama."** Sagot ko habang tumatango-tango.

**["*Start by asking how she met your Dad.*"]**

Bigla akong napaisip. Sa dami ng narinig kong komento tungkol kay Mama galing sa mga kamag-anak namin, ni minsan wala akong narinig sa kanila na kung saan nagkakilala ang mga magulang ko.

**"Subukan ko. Sana lang magkwento siya."**

**["*I hope she will.*"]**

Sandali akong napangiti. Ramdam kasi ang suporta niya sakin na makahanap ng paraan para makaharap ko na si Papa. Kung tutuosin pwede naman kaming tumakas at puntahan si Papa pero mas gusto niya sa maayos na paraan at alam niyang hindi magiging dahilan ng away sa bahay. Hindi ko maiwasang matuwa.

**"Salamat."**

**["*Everything for my girlfriend.*"]** Sagot niya at mabilis akong napangiwi.

**"Eh? Hindi kita jowa."**

**["*Not yet. But we will.*"]**

Ramdam ko ang malawak niyang pagngiti. Parang ang sarap tuloy manguha ng plais para bunutin ang ngipin niya.

*Buti nalang hindi ko siya kaharap.*

**"Ewan ko sayo. Sige na. Ba-bye na."**

**["*Bye my queen. I love you.*"]**

Napakagat ako sa labi. Agad kong pinatay ang tawag ng hindi sumasagot sa sinabi niya.

Napatitig ako sa cellphone ko. Hindi ko alam kung dapat ko ba siyang padalhan ng message.

**"Anong ngini-ngiti-ngiti mo dyan?"** tanong ng kung sino at agad kong tinago ang cellphone ko sa likod ko.

**"T-tita."** Tarantang tawag ko sa kanya. **"Nagbabasa lang po ng mga message galing sa mga kaklase ko."**

Makahulugan siyang ngumiti. **"Sabi mo eh."**

Napatingin ako sa hawak niya. Mga damit ko yon na malamang galing labahan at plantsahan. Maayos na nakatupi at nakahanger ang mga uniform.

**"Ako na po."** Agaw ko sa kanya pero hinawi niya ang kamay ko.

**"Hindi na. Tuloy malang ang pagbabasa ng message galing sa mga *classmate* mo."**

Napakurap-kurap ako dahil sa pag-iba ng tono niya sa salitang classmate. Tinalikuran na niya ko at tuloy-tuloy na pumasok sa kwarto ko.

Wala akong nagawa kundi ang sundan siya at panoorin sila ni Mama na ayusin ang mga damit ko. Napakamot pa ko sa ulo ng makita ituro ni Tita ang mga damit na nagkalat sa sahig.

*Si Mama may kasalanan niyan.*

Habang abala sila sa pag-aayos bigla kong naisip ang sinabi ni Keifer. Kailangan ko lang simulang magtanong tungkol kay Papa.

**"Ma..."** Tawag ko at sandali niya kong tinignan. **"Paano kayo nagkakilala ni Papa?"**

**"Jay, pwedeng wag nating pag-usapan yan?"**

**"Eto naman... Nagtatanong lang ang bata."** Kontra ni Tita Gema sa kanya. **"Kwento mo na, na-curious lang naman ang anak mo."**

Gustong pumalakpak ng tenga ko dahil sa tuwa. Mabuti nalang andito si Tita para backup-an ako.

**"Tumigil ka nga Gema."** Iritang sagot ni Mama.

**"Sige na, Ma. Gusto ko lang malaman."** Pamimilit ko.

Umiling lang siya sakin at tinuloy ang ginagawa. Napanguso ako at parang naawa naman sakin si Tita Gema. Binaba niya ang mga natitirang hawak na damit sa kama.

**"Ayaw ni Mama mo, ako nalang ang magku-kwento."** Sabi niya at naupo sa tabi ko.

**"Gema."** May pagbabantang tawag ni Mama sa kanya pero hindi naman niya pinansin.

**"Ang Mama mo kasi lumayas sa bahay ng malaman naming buntis siya kay Aries."** Panimula ni Tita. **"Hindi na niya hinintay na palayasin siya ng Lolo mo, nauna na siya."**

*Wow. Advance mag-isip.*

**"Alangan namang hintayin ko pang murahin niya ko at ibato ang mga gamit ko sa labas ng bahay."** Singit ni Mama habang patuloy pa rin sa ginagawa.

Bahagyang napailing si Tita at tinuloy ang kwento. **"Nakitira siya sa kaibigan niya at nagtrabaho sa karindirya nila. Nagkataon naman na may ginagawang building sa hindi kalayuan at pagmamamay-ari ng Papa mo."**

**"Siya din ang engineer don."** Dagdag ni Mama.

**"Kapag lunch time, sa karindirya sila kumakain. Etong si Engineer Mariano iba pala ang gustong ulamin."** Sabi ni Tita at bigla siyang binato ni Mama ng damit dahilan para tumawa siya ng malakas. **"Lagi niyang pinupuntahan ang Mama mo. Pasimpleng nililigawan ng tingin."**

*Taray ng love story.*

Hindi ko maiwasan mapangiti sa kwento ni Tita. Alam kong malapit sila ni Mama kaya hindi ako nagtataka na alam niya ang storya nila.

**"Kaso may kalokohan ang Mama mo, hindi niya binigay ang totoong pangalan at edad niya. Akala tuloy ng Papa mo, magkasing-edad lang sila at muka lang bata. Kaya tuloy kung todo ligaw siya sa Mama mo."**

Napaisip ako sandali. Bata pa nga pala si Mama ng pinagbuntis niya ko. Kung engineer na si Papa, ibig sabihin malayo ang agwat ng edad nila.

*Mukang hindi maganda yon.*

**"Paano niya napasagot si Mama?"** Tanong ko.

**"Paano nga ba?"** Tanong din ni Tita at tumingin kay Mama.

**"Sinabihan ako ng Nanay ng kaibigan ko. Kailangan daw ng Ama ng anak ko. Masyado na daw huli para mag-inarte ako dahil malaki na ang tyan ko."** Sinara niya ang pinto ng cabinet ko. **"Naisip ko din naman na tama siya. Kaya kinausap ko ang Papa mo at pumayag na maging Tatay ni Aries."**

**"Tapos anong nang—?"** Hindi ko na natapos ang tanong ko ng mapansin ko ang pagpunas niya ng muka.

Mabilis siyang naglakad palabas ng kwarto ko at sinundan naman siya ni Tita Gema. Pagtingin ko sa pinto nakita ko si Aries na nakahalukipkip habang pinapanood ang pag-alis nila Mama.

**"Anong nangyari don?"** Tanong niya sakin pero inirapan ko lang siya.

**"Ewan."** Inis na sagot ko bago tumayo at kuhanin ang mga damit sa kama at ilagay sa cabinet ko.

**"Still mad at me?"** Tanong ulit niya at hindi ko siya pinansin. **"Look, I didn't mean to keep it from you. Mas mahigpit si Kuya sayo kaya nahihirapan akong kumuha ng pagkakataon—."**

**"Naku Aries! Ang dali lang ng sasabihin mo! Kahit 30 segundo lang mawala si Kuya sa paningin natin masasabi mo yon!"** Inis na putol ko sa sasabihin niya.

**"Madali sabihin pero mahirap kang pigilan! Impulsive ka pa naman. Kapag sinabi ko malamang na kumilos ka na naman ng hindi nag-iisip. Edi nahuli ako ni Kuya at mas lalo pa tayong nalintikan."**

**"Paano mo naman nasabi? Eto nga nakakapag-pigil ako ngayon."**

Napabuntong hininga siya. **"Dahil nandyan si Mama para bantayan ka. And we are in a different situation now."**

**"Dami mong dahilan!"**

Napailing siya at mabilis akong tinalikuran. Alam siguro niyang hindi niya ko makakausap ng matino. Mabilis kong nilapitan ang pinto at sinara yon bago dumapa sa kama ko.

Inisip ko ang nangyari kay Mama habang nagku-kwento siya. Bakit pakiramdam ko nasasaktan pa rin siya? Ganon ba kalala ang naranasan niya?

Napatingin ako sa phone ko at naisip na i-message si Percy.

**To:** *Percing...*
**Message:** *TühkmOL.*
(Tukmol)

Hindi naman nagtagal ng tumunog ang cellphone ko. Nang tignan ko, tumatawag ang stepbrother ko.

**"Hoy."** Bungad ko sa kanya.

**["*Bakit ganon ang text mo? Kailangan mo ba ng bagong phone?*"]**

**"Gago hindi."**

**["*Hindi ka naman ganyan magtext dati. Palala ka ng palala.*"]**

**"Syempre dati nangangapa pa ko sa magandang cellphone. Sanay kaya ako sa pinaglumaang keypad."**

Bigla nalang siyang tumawa. **["*Dukha.*"]**

*Kapal ng muka nito.*

**"Bwisit ka! Matibay naman yon. Nalaglag pa nga sa baha yon pero nabuhay pa rin."**

Mas lumakas pa ang pagtawa niya. Hindi ko maiwasang mainis sa reaksyon niya. Para bang ngayon lang siya nakakilala ng di-keypad na cellphone samantalang yun ang uso non bago ang mga touch screen. Feeling yata niya kahapon siya pinanganak, eh mas matanda pa siya sakin.

**"Anong ginawa sayo ng di-keypad na cellphone at tuwang tuwa ka?"**

**["*Wala. Sayo ako natatawa. You enjoy little things that much kahit pwede ka namang humiling samin.*"]**

Napanguso ako. Mahilig din naman ako sa materyal na bagay pero hindi nga lang kagaya ng gusto ng iba na laging updated sa mga uso. Hindi ko din alam kung bakit.

Dahil na rin siguro kay Lola. Lagi kasi nakasumbat yon sakin na hanggang don lang ang kaya niya kaya wag akong hihiling ng higit pa.

*Kaya mga gamit ko pamana. Pamana ng Tita kong laging nagmumura.*

**["*Maganda yan. Just enjoy little things in your life. Kaya kung ako sayo enjoy-in mo na din kagwapuhan ko, malaking bagay to.*"]**

**"Tang'na mo."** Tuloy-tuloy na sagot ko.

Malakas naman siyang tumawa. Kulang nalang magpagulong-gulong siya sa sobrang tuwa.

**"Saya mo dyan."** Inis na sabi ko.

**["*Ano nga palang kailangan mo at napa-text ka?*"]**

Inisip kong mabuti ang dahilan kung bakit ko siya tinext. May gusto nga pala akong malaman matapos ang naging reaksyon ni Mama.

**"May alam ka ba kung bakit galit na galit si Mama kay Papa?"**

Sandali siyang tumahimik bago tumikhim.

**["*Sinabi ko na dati di ba? Binantaan tayo ng Lolo mo.*"]**

**"Oh?"**

**["*Eh, hindi ko na alam. Wala pa ko non sa buhay ng Papa mo.*"]** Sagot niya at natampal ko ang noo ko. **["*Pero alam ko mahal niya kayo.*"]**

Napabuntong hininga ako. **"Gusto ko na talaga siyang makita."**

**["*Makakagawa ka din ng paraan.*"]**

Gusto kong umiyak pero pinili kong pigilan yon. Nagpaalam na ko kay Percy at pinatay ang tawag. Namaluktot ako sa higaan ko. Gulong-gulo na ko sa dapat kong gawin para lang makumbinsi si Mama.

Hindi ko alam kung gaano ko katagal inisip si Papa, si Mama at ang ulam sa pananghalian. Kundi pa kumalam ang sikmura ko hindi maiisipang lumabas ng kwarto. Dumiretso ako sa kusina.

Nasalubong ko si Aries at mabilis ko siyang inirapan. Napailing nalang siya bago ako lagpasan.

Sa buong maghapon, tuwing nakakasalubong ko si Aries wala akong ibang ginawa kundi ang sungitan, ismiran o kaya naman ay irapan siya. Maging sa hapag habang kumakain ng hapunan ganon pa rin ang ginagawa ko.

**"Jay, stop that."** Utos ni Kuya habang nakatingin sakin.

**"Kumain ka ng kumain. Panay ang irap mo dyan."** Sabi ni Mama at nilagyan ng kanin ang plato.

*Ang daming kanin.*

Hindi ko naman kailangan ng maraming kanina kaya hindi ko tuloy alam kung ibabalik ko ba sa kanya ang mga sinandok na kanin. Kaso nanghihinayang ako. Nasa plato ko na kasi, hindi na dapat sila tinataboy. Masama.

Napanguso ako bagay sumubo ng kanin. Tahimik ako habang nag-uusap naman sila Tita Gema at Angelo, minsang sumasama sa usapan si Mama at Aries. Pinili ko nalang hindi magsalita dahil iisa lang naman ang sasabihin.

**"Gusto mo pa Jay?"** Tanong ni Mama.

Wala ako sa sarili na sumagot sa kanya. **"Gusto ko makita si Papa."**

Nasabi ko na ang nasa isip ko bago pa naging malinaw sakin na ang mga lumabas sa bibig ko. Malalim na napabuntong hininga si Mama at ganon din si Kuya.

Bago pa magsimula ng pag-aaway sa hapag, kusa na kong tumayo.

**"Tapos na ako."** Sabi ko at tinalikuran silang lahat.

Dumiretso ako sa kwarto ko. Pagsara ko ng pinto nahilamos ko ang muka ko. Mahirap mangumbinsi ng ganito.

*Tambling na.*

Iniisip ko tuloy na tumakas nalang at makipagkita na kay Papa ng hindi sinasabi sa kanila. Pero sabi nga ni Keifer, mas mabuting kumbinsihin si Mama dahil mas malaking gulo yon.

Pinili ko nalang mag-ayos para matulog. Naglinis ako ng katawan at nagsipilyo. Nagpalit din ako ng pantulog. Patalon ako sumampa sa kama ng matapos ako.

Matutulog na sana ako pero sunod-sunod na tumunog ang cellphone ko. Nang tignan ko, si Ci-N ang nagpapadala sakin ng messages. Mabilis kong sinilip ang mga message na puro litrato.

*Litrato ng mga bagong laruan.*

Napangiwi ako ng aksidenteng mahagip ang resibo ng isa sa laruan niya. Nagkakahalaga ng 25,000 ang isa. Nagpapatulong pa siyang ipa-assemble ang isa.

Habang abala ako sa pagsagot sa message ni Ci-N, narinig ko ang pagkatok sa pinto ng kwarto ko. Unti-unting bumukas ang pinto at pumasok si Mama.

**"Dito ako matutulog."** Sabi niya.

**"Bakit? Pumayag ba ko?"** May halong inis na sagot ko.

**"Hindi ko hinihingi permiso mo."** Sagot niya at tumabi sakin para mahiga.

Napangiwi ako bago umusog at ayusin ang higaan. Tinabi ko nalang ang cellphone ko at nahiga na rin.

Nakatihaya ako habang nakatitig sa kisame. Hindi dahil hindi ako sanay na may katabi kundi dahil ngayon ko nalang ulit nakatabi si Mama sa higaan. Nakakapanibago.

Pinilit kong inisip kung kailan kami huling nagkasama pero hindi ko na masyadong naaalala pa. Ganon yata talaga kapag tumatanda na mabilis ng nakakalimutan ang pagkabata o pwede ring epekto ng nangyari sa nakaraan ko.

*Sana yung pagiging matanda nalang ang dahilan.*

Sandaling bumalik sakin ang mga flashback na naranasan ko. Hindi buo pero kahit papano naiintindihan ko.

**"Ma..."** Tawag ko sa kanya para tignan kung gising siya.

**"Hindi pa rin ang sagot ko sa pagkikita niyo ng hunghang na tatay mo."** Mabilis niyang sagot habang nakatalikod sakin.

*Kontrabida talaga.*

**"Ah mali ka. Hindi yon tanong ko."** Sabi ko at unti-unti siyang umayos ng higa para harapin ako.

**"Ano na naman?"**

**"Nasan ka nong mga panahong hinihintay kita? Nasan ka ng ilang paskong inabangan ko ang pagdating mo? Nasan ka ng ilang birthday ko ang nagdaan? Bakit hindi ka nagpakita sakin ng mga panahon na yon?"** Sunod-sunod na tanong ko.

Tinitigan niya ko bago tumingin sa kisame.

**"Wag mo ng alamin. Ang mahalaga yung ngayon."**

Inis akong tumawa. **"Iba ka rin. Hindi ko alam kung gusto mo bang magkaayos tayo o mas mag-away pa."**

**"Syempre magkaayos."**

**"Eh bakit ganyan ka? Dapat nga bumabawi ka samin ni Aries."**

**"Bumabawi ako, kaya nga naghahangad ako ng buong pamilya para sa inyo."**

Napairap ako sa kanya. **"Anong buong pamilya?"**

**"Nanay, Tatay at mga anak."**

**"Sinong tukmol ang nagturo sayo nyan?"**

Tinignan niya ko na parang ang tanga kong kausap. **"Ano ka ba? Ganon naman talaga ang pamilya. Tinuturo din sa school yan."**

**"Mali turo ng school. Kahit sino pwedeng maging pamilya, basta tanggap nila ang isa't-isa at nagsusuportahan. Hindi mahalaga kung magkadugo."**

Bahagya akong napangiti ng maisip ko ang mga Ulupong. Higit pa sa kaibigan ang turing ko sa kanila. Kahit madalas kaming mag-asaran at magkapikunan. Kahit niloko nila ako. Tanggap ko pa rin sila.

Lumalabas pa nga na blessing in disguise ang nangyaring panloloko kila sakin. Kasi nasubok kami pare-pareho. Ngayon alam ko ng mahalaga din ako sa kanila.

*Si Keifer?*

Pareho ng mga kapwa niya Ulupong, handa rin siyang patunayan ang sarili sakin. Hindi lang isang beses. Pati sa problema ko kay Papa handa din siyang tulungan ako. Ang lahat naman ng effort ginagawa niya. *Baka oras na.*

Bahagya siyang natawa. **"Saan mo naman natutunan yan?"**

**"Experience."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 352

**A/N:** Hindi umabot yung additional chapter.

I was hoping for more.

Sana ma-enjoy niyo pa rin. Maraming salamat guys sa pagsuporta kahit matagal ang update.

**Culprit in red**

***Jay-jay's POV***

Gusto kong manuntok. Gusto kong manuntok ng horoscope. Gusto kong suntukin ang muka ni Aries the horoscope.

*Gigil mo si Ako.*

Hindi ko alam kung proud ba siya na andito na ang kotse niya na galing sa TATAY ko. O nahihiya siya dahil lahat kami ay nakapaligid sa sa kanya at sa bagong kotse niya.

At hindi lang basta-basta kotse. Mamahalin, at nakikita kong ginagamit sa mga telenovela sa tv. Yung sinasakyan ng mga mayayaman.

**"Nice car."** Sarcastic na sabi ni Kuya Angelo sa kanya habang hawak ang mga papers ng kotse.

Kumpleto na sa papeles. Rehistrado at my plaka ng nakakabit.

**"P-paano na yung dating kotse ni Aries?"** Naiilang na tanong ni Tita Gema.

**"I will still use it—."**

**"Wag na. Nakakahiya naman sa bago mong kotse."** Putol ni Kuya sa sagot ni Aries.

Napakamot nalang sa ulo ang kapatid kong hindi nahulaan ang sariling kapalaran niya ngayon araw na to.

*Buti nga.*

**"Hindi na ba maibabalik yan?"** Tanong ni Mama.

**"Gustuhin man natin saan natin ibabalik? Sa bumili o sa binilhan? Either way, none of them will accepted it."** Sagot ni Kuya.

Napanguso ako ng makita ang sarili kong reflection sa katawan ng kotse dahil sa sobrang kintab. Para tuloy ang sarap kumanta, ala Lea Salonga.

*Who is that girl I see?*

**"Mas mabuti siguro kung mamaya nalang natin pag-usapan ang gagawin sa kotse. Mahuhuli na sila sa school."** Sabi ni Tita Gema at sumang-ayon naman si Kuya.

**"I will talk to you later."** May pagbabantang sabi ni Kuya kay Aries bago siya hayaang lumapit sa bagong kotse niya.

Napansin ni Kuya ang hindi ko paggalaw sa kinatatayuan ko. Pinagtaasan niya ko ng kilay.

**"Hatid mo ko."** Pakiusap ko.

Tinuro niya ang bagong kotse ng kapatid ko. **"This car is from your Dad. Ayaw mo bang maamoy ang pera ng Tatay mo?"**

Halatang nang-aasar siya. Napasibangot ako sa kanya na kinatawa naman niya.

*Hindi nakakatuwa.*

**"Ayoko dyan."**

**"Paano ka papasok?"**

**"Kung hindi mo ko ihahatid, lalakad. Pwede ring tatakbo, gagapang o kaya gugulong. Kung anong option available."**

Agad niya kong inambaan ng batok kaya mabilis akong lumayo sa kanya at iniharang ang mga braso ko.

**"Ihatid mo na kasi ako."** Pangungulit ko.

Tinignan niya si Aries mula sa loob ng kotse. Napailing pa siya bago maglakad papasok ng bahay. Buong akala ko ay hindi niya tutuparin ang pakiusap ko pero agad akong napangiti ng marinig ang sinabi niya.

**"Kukuhanin ko lang ang susi."**

Napapalakpak ako sa tuwa at mabilis namang napairap ng mapansing nakatingin sakin si Aries. Napailing siya bago paandarin ang bagong kotse paalis.

*Ma-flat sana gulong.*

Hindi rin naman nagtagal ng lumabas na si Kuya at pasakayin niya ko sa kotse niya. Mabilis ko namang kinabit ang seatbelt.

Habang nasa byahe kami panay ang tingin ko sa mga kasabayan naming sasakyan. Pati na rin sa abot tanaw kong sasakyan ni Aries. May ilang mga motorista ang napapatingin sa sasakyan niya. Halata kasing bago.

**"Hanggang kailan ka naman magagalit kay Aries?"** Tanong ni Kuya ng huminto kami dahil sa red light.

**"Hindi ko alam. Pang-aagaw nga ng jowa umaabot ng taon, pang-aagaw pa kaya ng Tatay?"**

Bahagya siyang tumawa. **"Childish Jay-jay."**

**"Hindi mo ko masisisi, Kuya."**

**"I know, I know. Matagal mo ng inaasam na makita ang Papa mo tapos malalaman mong nakakausap pala siya ng kapatid mo."** Pangunguna niya sa sasabihin ko.

Nag-thumbs up nalang ako at pekeng ngumiti. Napailing siya bago ibalik ang paningin sa daan.

Nasa kalagitnaan na kami ng byahe ng mag-ring ang cellphone ko. Agad kong kinuha yon at bumungad sakin ang pangalan ni Yuri. Tumatawag siya na bahagya kong pinagtaka.

Sinagot ko nalang ang tawag.

**"Hello—."**

**["*Keifer! Help me! Someone is in my house!*"]** Sigaw niya mula sa kabilang linya.

Napatakip ako sa bibig ko ng makarinig ako ng putok ng baril. Hindi lang isang beses yon at iba-iba din ng tono na mukang mula sa iba't-ibang distansya.

**"Y-yuri! Anong nangyayari?"**

**["*Jay? Is this Jay-jay? Oh fvck!*"]** Sagot niya at pinatay ang tawag.

**"What is that Jay?"** Tanong ni Kuya pero hindi ko siya pinansin.

Sinubukan kong tawagan ang number ni Yuri pero walang sumasagot na kinabahala ko. Ilang beses ko pang ginawa yon pero wala pa rin sagot mula sa kanya.

**"Ano bang nangyayari?"** Inis na tanong ni Kuya.

**"Puntahan natin si Yuri, masama ang kutob ko. Please"** Takot na pakiusap ko.

**"Sabihin mo muna kung anong nangyayari."**

**"Nanghihingi siya ng tulong... T-tapos... Tapos... May putok ng baril."** Tarantang paliwanag ko.

**"Ihahatid muna kita, ako na ang pupunta sa kanya."**

Umiling ako. **"Ngayon na Kuya! Sige na!"**

Sunod-sunod siyang nagmura bago paikutin ang manibela. Sinabi ko sa kanya ang eksaktong sinabi ni Yuri. May ibang tao sa bahay niya.

Ang bahay sa rooftop ng building ang una kong naisip. Mabilis na nagmaneho si Kuya papunta don. Tahimik akong nagdadasal sa kaligtasan ni Yuri at sa kaligtasan na rin namin dahil mukang maaga ako mamatay sa dami ng sasakyang in-ovetake-an ni Kuya.

*Kapit lang kaluluwa.*

Pikit mata ko nalang hinintay ang paghinto ng sasakyan. Sa parking kami ng building niya huminto. Lakad takbo ang ginawa ko palapit sa elevator. Kasunod ko lang si Kuya at mabilis naman kaming nakasakay.

Napansin ko ang itim na bag na dala ni Kuya habang paakyat ang elevator. Dahil nauna akong bumaba hindi ko na napansin kung may dinala ba siya o kung may kinuha siya sa mula sa kotse.

Padating namin sa floor ng bahay ni Yuri napansin ko agad ang sira-sirang mga gamit. May mga basag ding baso o kaya paso ng bonsai. Nagtatakbo ako paloob pero isang nakaitim na lalaki ang sumalubong sakin. Napatitig pa siya nung una hanggang sa itaas at itutok niya sakin ang hawak na baril.

Literal akong nanlamig at hindi nakagalaw sa kinatatayuan ko. Naipikit ko nalang ang mga mata ko at hinintay ang pagkamatay ko pero may humatak sakin at yumakap mula sa baywang. Pinaikot niya ko at papunta sa likod niya.

Masyadong mabilis ang mga pangyayari. Napasigaw nalang ako sa sunod-sunod na putok ng baril. Nakatakip ang dalawang kamay ko sa mga tenga ko.

*Ano ba?! Anak naman ng tokwa.*

**"Nakatakas!"** Inis na sabi ni Kuya matapos huminto ang barilan.

Umayos ako ng tayo at ganon nalang ang gulat ko ng makitang may hawak na baril si Kuya Angelo. Hindi lang basta baril. Alam kong maraming bala yon at kamuka non ang mga baril sa SWAT movie na napapanood ko.

**"Ano yan? Saang galing yan?"** Tanong ko at naalala ko ang itim na bag na hawak niya kanina.

**"Mamaya na tayo mag-usap. Bumalik ka na sa kotse, ako na bahala dito."** Sabi niya at nagsimulang maglakad.

Pero hindi ako pumayag. Agad akong sumunod sa kanya at sunod-sunod siyang nagmura. Pipilitin pa sana niya kong bumalik pero nakarinig kami ng sunod-sunod na putok ng baril. Napasigaw ako pero agad din niyang tinakpan ang bibig ko.

Hindi ko na namalayan ang pagbatak niya sakin papunta sa isang sulok.

**"Stay here. Wag kang lalabas hanggat wala ako."** Utos niya pero hindi na hinintay ang isasagot ko.

Napaupo nalang ako kagaya ng sinabi niya. Nakakarinig pa rin ako ng putok ng baril. Sa hindi kalayuan ay ang pagbabasag ng kung anong mga gamit.

Gustohin ko mang manatili, hindi ko magawa. Pakiramdam ko kailangan kong puntahan si Yuri. Pakiramdam ko, kailangan ko siyang mahanap ngayon bago pa may mangyaring hindi maganda.

Suntok sa buwan akong lumabas sa pinagtataguan ko. Una kong naisip ang kwarto niya kaya don ako nagpunta. Paminsan akong yumuyuko kapag nakakarinig ng putok ng baril.

*Wag naman po sana akong tamaan.*

Matapos ang pagtakbo ko habang nakikipagpatintero sa bala narating ko ang kwarto niya pero wala akong ibang nakita don. Sandali kong pinagmasdan ang loob ng kwarto ng mapansin ko malinis yon at wala ang mga gamit niya.

Mga magnanakaw ba ang mga nakapasok dito? Baka ninanakawan nila si Yuri tapos nahuli sila kaya eto sila ngayon at nagbabarilan.

Mga mgnanakaw pala sila. Kaya pala naka-itim ang kasalubong namin kanina. Mukang marami sila at hindi ko alam kung may kasama ba si Yuri dito sa bahay. Sandali kong naisip yung mayordoma nilang naka-kimono pero parang wala naman siya dito.

Kung andito siya hindi makikipagbarilan si Yuri. Hihingi ma agad ng tulong yon.

Sandali akong natigilan sa naisip ko. *Bakit may baril si Yuri?*

And speaking of baril, natigilan ako ng makarinig ako ng kasa ng baril mula sa likod ko.

**"Hands up."** Utos ng tao sa likod ko at sinunod ko naman. **"Turn around."**

Ayoko sanang sundin pero ginawa ko pa rin. Unti-unti akong umikot habang nakataas ang dalawang kamay. Nanginginig ako habang ginagawa yon.

Bahagya akong natigilan ng makita ang may hawak ng baril na nakatutok sakin. Isang babae at may kulay ang buhok niya. Ito yata ang ginger red na nakikita ko sa internet. Bigla kong naisip yung babae sa mall na nasabunutan ni Yuri.

Bahagya ko siyang pinagmasdan pero dahil sa suot niyang mask hindi ko siya makita ng maayos. Kita ko ang mga mata niyang kulay brown at muka ding matangos ang ilong niya.

**"What is your name?"** Tanong niya at halatang hirap siyang mag-english. **"I said, what is your name?"** Pag-uulit niya.

Nilapit niya ang baril sa muka ko kaya natakot ako ng husto. Nataranta ako at bahagyang napaatras.

**"Ano! Name! Name!"** Tarantang sagot ko. **"Name! Kokey—I mean, Jay-jay!"**

Meron siyang tinignan sa isang kamay niya. Palagay ko ay cellphone yon. Tinaas niya yon at pinantay sa muka ko. Panay ang swipe ng hinlalaki niya. Pero ng hindi makita ang hinahanap binaba niya yon kasabay ng baril.

**"I'm sorry, I thought you're an ene—."** Hindi na niya natapos ang sasabihin ng sipain ko siya ng malakas sa tyan.

Nabitawan niya ang mga hawak. Tumilapon siya at tumama sa pinto ng kwarto ni Yuri bago bumagsak.

**"Ang lagay sorry-sorry nalang? Tinutukan mo ko ng baril, ulowl!"** Inis na sabi ko at agad sinipa ang baril palayo sa kanya.

Agad siyang tumayo at tinignan ako ng masama.

**"I guess you are an enemy."** Sabi niya at agad na sumugod sakin.

Napaiwas ako ng ambaan niya ko ng suntok pero nasundan yon ng isa pang suntok. Tinamaan ako malapit sa panga. Mukang napasubo ako at marunog siyang lumaban.

Hindi pa nakakabawi ng sipain niya ko sa tyan. Agad kong hinawakan ang binti niya para batakin at mawalan siya ng balanse. Natumba siya kaya kinuha ko ang pagkakataon para takbuhan siya.

*Wala akong laban, muka siyang marunong ng karate.*

Malapit na ko sa pinto ng hablutin niya ang paa ko kaya napadapa ako. Sinubukan kong bumangon ulit pero naibabawan na niya ko. Sinuntok niya ko sa muka at nasundan ng dalawa pa.

**"Fight me, btch!"** Sigaw niya sakin.

**"Ikaw ang btch! Taninga mo!"** Sigaw ko at hinablot ang buhok niya.

Napasigaw siya dahil sa sakit. Mabilis ko siyan inababawan at sunod-sunod na pinagsasampal.

*Fight me daw eh.*

Nakailang bawi din ako ng sampal at suntok sa kanya. Kung hindi lang niya hinaharang ang mga braso niya baka dumudugo na ang nguso niya sakin.

Napasigaw ako ng suntukin niya ko sa tagiliran at mabilis niya kong sinabunutan. Nagawa na naman niya kong ibabawan at suno-sunod na pagsusuntukin sa muka. Dahil mahaba ang buhok niya agad kong nahablot na naman yon.

Nauwi sa sabunutan na may kasamang suntukan at sampalan ang eksena namin. Hanggang sa magsalita siya ng salitang hapon, pero hindi ko naman siya maintindihan kaya pinagmumura ko siya in *tagalog*.

**"Maldita ka! Patutok-tutok ka pa ng baril!"** Gigil na sabi ko.

Nagawa ko siyang itulak palayo sakin. Agad akong tumayo at ganon din siya.

Inayos niya ang buhok bago itaas ang dalawang kamao. Inayos ko din ang buhok ko at tinaas din ang dalawang kamao ko. Para kaming nasa video game na hinihintay ang player na pinduin ang controller.

**"Who the fvck are you?"** Tanong niya sakin.

**"Hulaan mo, gago!"** Sagot ko na halatang hindi niya naintindihan.

Muka din siyang nainis. Agad siyang umatake. Akala ko susuntukin niya ko pero nagpalipad siya ng sipa. Agad kong naisangga ang braso ko pero hindi sapat yon kaya tumumba pa rin ako. Agad siyang lumapit sakin pero nagawa ko siyang sipain sa tyan.

Tumilapon siya. Mabilis akong tumayo at ganon din ang ginawa niya pero sa pagkakataon na to hawak na niya ang baril na sinipa ko kanina.

*Amputa! Talo na!*

Bago pa niya matutok sakin yon, agad ko siyang sinugod at niyakap sa katawan bago pabagsakin sa sahig. Nauwi sa wrestling ang laban namin. Dahil sa pagod at hingal hindi ko namalayan ang pag-ibabaw niya sakin.

Kinasa niya ang baril at akmang itututok sakin. Pero may humampas sa batok niya at nawalan siya ng malay. Bumagsak siya sa tabi ko at mabilis akong bumangon. Agad kong tinignan ang may gawa non at agad ko siyang nayakap ng makilala ko siya.

*Yuri.*

**"Mabuti naman ayos ka lang."** Sabi niya sakin at niyakap din ako.

**"Ano bang nangyayari? Sino tong mga tao na to? Ano bang kailangan nila sayo? Ninakaw ba nila mga gamit mo?"** Sunod-sunod na tanong ko matapos humiwalay sa kanya.

Hinawakan niya ang kamay ko. Napatingin ako sa isang kamay niyang may hawak na baril.

**"Wala ng oras para magpaliwanag. Let's go."** Sabi niya at akmang hahatakin ako pero pinigilan ko siya.

Amoy na amoy ko ang gasulina at sunog na bagay mula sa kung saan. Halatang hindi yon kalayuan sa kinatatayuan namin.

**"Naamoy mo?"** Tanong ko at suminghot-singhot din si Yuri.

**"Smells like something is burni—."**

Natigilan kami pareho ng mas naging malakas ang amoy. Bukod don, may usok na sumisilay sa kisame at pader.

**"Shit! They're burning the house!"** Sigaw ni Yuri na nagpataranta samin.

Tatakbo na sana kami paalis ng maalala ko ang babae. Agad kong pinigilan si Yuri.

**"Paano siya?"** Tarantang tanong ko.

Oo, nagsapakan at tadyakan kami pero hindi naman ako masamang tao para hayaan siyang maiwan dito at maluto sa apoy.

Hindi na nakapag-isip si Yuri. Agad niyang nilapitan ang babae at inasikaso. Kinuha din niya ang baril at cellphone sa sahig.

Tinulungan ko siyang ipasan sa kanya ang babae. Dali-dali kaming tumakbo palabas ng kwarto niya.

Bigla kong naalala si Kuya. Baka maiwan siya dito at kung anong mangyari sa kanya.

**"Kuya! Kuya Angelo!"** Tawag ko sa kanya habang naglalakad.

Ilang beses akong napaubo dahil sa amoy ng usok. Ilang beses akong napayuko at napahinto pero hindi ako pwedeng magtagal.

Ganon nalang ang gulat ko na makitang nilalamon ng apoy ang kabilang bahagi ng bahay. Dahil gawa sa kahoy at papel, mas mabilis kumalat ang apoy.

**"Kuya Angelo!"** Tawag ko ulit at nakahinga ako ng maluwag ng makita ko siyang tumatakbo palapit samin.

Niyakap ko siya at ganon din siya sakin. Pinagmasdan ko siya kung may tama ba siya pero mukang wala naman. Hawak pa rin niya ang baril na dala niya.

**"Umalis na tayo!"**

Agad kaming naglakad paalis. Malapit na kami sa elevator pero isang malakas na pagsabog ang narinig namin. Naramdaman ko nalang ang pagbagsak ko sa sahig at ang katawan ni Kuya sa ibabaw ko.

Isa pang pagsabog ang narinig ko at tuluyan ng nilamon ng malaking apoy ang bahay. Agad na tumayo si Kuya at binuhat ako. Hindi na ko nakapalag dahil sa pagkalito sa gagawin.

**"Hindi na gumagana ang elevator. Sa Fire Exit na tayo."** Sabi ni Yuri at nanguna sa pagtakbo.

Hindi ko maiwasang titigan ang bahay bago magsara ang pinto ng fire exit. Alam kong mahalaga sa pamilya ni Yuri ang bahay na yon. Gusto kong magalit sa mga taong sumugod dito. Nagnakaw na nga nanunog pa ng bahay.

Alam kong malayo pa ang ground floor dahil galing kami sa rooftop. Kita ang pagod nila pero hindi nila alintana yon. Mahalaga lang na maka-alis kami.

**"Damn it! Pag-uwi natin mag-diet ka na Jay!"** Inis na sabi ni Kuya.

Hindi nalang ako sumagot dahil baka lalo lang siyang mainis at mas ikapagod pa niya.

Matagal-tagal din bago kami nakarating sa parking. Agad kaming sumakay sa kotse ni Kuya. Hingal kabayo silang pareho habang nasa loob ng sasakyan.

Dinig na dinig ko ang ingay ng bumbero at ambulansya sa labas ng building.

**"Care to explain?"** Tanong ni Kuya kay Yuri.

Sandaling inayos ni Yuri ang pagkakahiga ng babae sa tabi niya.

**"Umalis muna tayo dito."**

Agad na nagmaneho si Kuya. Hindi ko na alam kung saan kami pupunta. Tulala pa rin ako dahil sa mga nangyari.

Galing lang naman kami sa barilan, nakipag-sapakan at wrestling ako sa babaeng hindi ko naman kilala at muntik na kaming matusta ng apoy. Masyadong mabilis ang lahat.

Napatingin ako sa bag ko ng marinig ko ang pag-ring ng cellphone ko. Mabuti nalang pala at iniwan ko ang bag ko sa kotse. Malaman na nawala na to kanina dahil sa mga pinaggagagawa ko.

Nakita ko ang pangalan ni Keifer sa screen. Nag-alangan pa ko kung sasagutin ko ba o hindi. Pero alam kong nag-aalala siya kaya sinagot ko na rin.

**["*Jay-jay!*"]** Boses ni Ci-N ang bumungad sakin. **["*Saan ka na? Gumugulong na si Keifer sa pag-aalala.*"]** Sabi niya at tumawa.

**"Ci? Pwede mo bang ibigay kay Keifer ang phone?"** Pinilit kong magtunog normal pero bakas pa rin ang pagod sa boses ko.

**["*Ukie.*"]**

Narinig ko namang kinausap niya si Keifer at ibinigay ang phone.

**"Tell Keifer to meet us. Sa bahay nalang siguro ni Alvin."** Bilang singit ni Kuya kaya sandali akong napatingin sa kanya.

**["*Jay? Is that Angelo? Nasan ka?*"]** Tanong ni Keifer mula sa kabilang linya.

**"Oo, kasama din namin si Yuri. Magkita-kita daw tayo sa bahay ni Sir Alvin."**

Sandali siyang tumahimik. Meron din siyang binulong at narinig ko si Felix na sumagot sa kanya.

**["*I'm on my way now.*"]** Sagot niya at pinatay ang tawag.

Sinabi ko kay Kuya ang naging sagot niya. Naging tahimik kami sa buong byahe hanggang unti-unti kong napansin ang dinadaanan namin.

*Bakit parang papunta kami sa gubat?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 353

**A/N:** kumusta? Miss niyo sila? Miss ko din mag-UD.

Anyway, sana magustuhan niyo.

**Moving in**

***Jay-jay's POV***

*Mag-asawa pala si Sir Alvin at Ma'am Cindy?*

Mag-asawa sila? Bakit? Kailan pa? At bakit hindi ako na-inform? Kung hindi ko pa nakita si Ma'am Cindy dito sa bahay ni Sir hindi ko pa malalaman.

Mag-asawa sila. Kung ganon, si Sir ang tunay na dahilan kung bakit andito si Keiren. Hindi dahil close si Ma'am at Keifer.

**"Ayusin mo yang muka mo."** Utos ni Kuya ng mapansing nakabusangot ako.

"**May iniisip kasi ako."**

**"May isip ka pala?"** Takang tanong niya.

Napahawak ako sa dibdib ko at umarteng nasaktan at nagulat sa tanong niya. Masyadong nakakasakit ng damdamin.

*Sinaktan mo ko kapatid.*

**"Masama ba gising mo?"** Inis na tanong ko. **"May nanakit ba sayo?"**

**"Wala. Pero napalaban ako dahil sa kakulitan mo."** Sagot niya at akmang kukutusan ako.

Sandali akong napaisip ng maalala ko ang baril na hawak niya kanina. Hindi basta-basta ang baril na yon.

**"Bakit ka may baril? Saan ka nakakuha non?"** Sunod-sunod na tanong ko sa kanya at sandali siyang natigilan.

**"Marami akong sideline."** Mabilis niyang sagot.

Magtatanong pa sana ako pero naagaw ng paparating na kotse ang atensyon namin. Dalawang magkasunod na sasakyan yon. Alam kong ang Hari ng mga Ulupong ang isa sa kanila pero hindi pamilyar ang kasabayan niya.

Huminto ang dalawang kotse sa harap namin. Hindi nga ako nagkamali na si Keifer ang driver ng naunang kotse. Hinintay ko ang pagbaba ng driver ng kasunod niya. Bahagya akong nagulat ng makita si Sir Alvin.

*Wala sa itsura niya ang mabilis magmaneho.*

**"What's with this chaos Angelo?"** Bungad ni Sir kay Kuya.

Parang hindi siya si Sir Alvin. Tunog istrikto siya ngayon at parang pagnagkamali ng sagot sasapakin niya. Malayo sa malumanay at laging nakikiusap na sir Alvin sa school.

Tinitigan ko siyang mabuti habang nakikipag-usap. Ibang iba ang kilos niya at ang pananalita niya pero kapareho pa ring manamit. Mas matindig nga lang ang katawan nito kay sa Sir Alvin sa school dahil bahagyang yukos ang likod non.

*Kambal ni Sir?*

Baka merong kapatid si Sir Alvin tapos kambal sila at magkamukang magkamuka sila.

Hinintay kong matapos ang pag-uusap nila pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin kay Sir. Hanggang lumakad siya palapit.

**"Ano pong pangalan mo?"** Salubong ko sa kanya.

Taka niya kong tinignan. Pati si Kuya at Keifer taka ding napatingin sakin.

**"Kambal ka ni Sir di ba?"** Dagdag ko.

Napailing si Keifer habang nakangiti at napabuntong hininga naman si Kuya.

**"I-I don't have a twin."** Sagot niya sakin.

Napatanga ako. **"Ay bakit kayo magkamuka ni Sir? Double *hanger* ka ni Sir?"**

Narinig ko ang malakas na pagtawa ni Keifer. **"It's doppelganger not hanger."**

*Mali pala ako.*

**"Hanger yon, pinalitan na. Lagi ka kasing wala."** Inis na sagot ko sa kanya bago harapin ulit ang kamuka ni Sir. **"Ay Kuya wag kayong magkikita ni Sir. Sabi sa kasabihan mamatay ang isa kapag nagkita ang double-double at ang original."**

**"I'll take note of that."** Sagot ng kamuka ni Sir at nagtuloy na sa paglapit sa sasakyan kung nasan si Yuri at ang babaeng may pulang buhok.

Binuksan niya ang pinto at ginising si Yuri na nakatulog kanina habang nasa byahe kami. Sinilip ko sila at ganon nalang ang pagtataka ko ng mapansing wala na ang babae sa loob.

**"Kuya Angelo, wala yung babae."** Sumbong ko at lumapit din siya sa kotse.

**"Who?"** Tanong ni Keifer na nasa tabi ko.

Bahagya kaming lumayo sa sasakyan at sinimulan kong ikwento sa kanya ang nangyari kanina at ang naging wrestling, suntukan, sampalan, sabunutan namin ng babaeng pula ang buhok. Sa kalagitnaan ng kwento ko naramdaman ko ang pagyakap niya sakin.

**"Oy! Oy! Bakit?"** Tarantang tanong ko.

*Baka andito lang si Kuya.*

**"Don't do that again please. Don't involve yourself with gun fights. Wala ka ng laban don. Nakaligtas ka kanina pero paano kung hindi na sa susunod."** Nag-aalalang sabi niya.

**"Inaalala ko lang si Yuri. Hindi kasi ako mapakali na nakatago lang sa sulok."**

**"For once Jay, unahin mo naman ang sarili mo."** Nagsimulang mag-iba ang tono niya kaya nairita ako.

Agad akong lumayo sa kanya. **"Kung uunahin ko ang sarili ko, paano ang mga kaibigan ko...natin?"**

Napabuntong hininga siya bago napapikit. **"Look, pwede ka namang humingi ng tulong sa iba. Call a police or someone that knows how to handle a fight with a gun. Makakatulong ka sa ganong paraan. Hindi mo kailangang ilagay ang sarili mo sa bingit ng kamatayan."**

Hindi ko maiwasang hindi ilabas ang inis na nararamdaman ko. **"Sa tingin mo maiisip ko pa yun? Nagmamadali ako. Nag-aalala ako. Natataranta ako. Ang priority ko, masiguro na ligtas ang kaibigan natin!"**

**"At kapag napahamak ka, who will prioritize you?"**

Natigilan ako. May punto siya sa sinabi niya. Nasa gitna ako ng barilan. Dalawa lang kami ni Kuya don at hindi rin alam ni Yuri kung nasan ako. Paano nga kung tinamaan ako?

*Edi dedz.*

Nilapitan niya ko at hinawakan ang dalawang kamay ko bago ilapit sa labi niya para halikan.

*Naghugas ba ko no'ng nag-cr ako?*

**"You can't blame me, nag-aalala ako. Kaya nga ako umalis para masiguro na magiging ligtas ka. So, please listen to me."**

Bahagya akong tumango. **"Hindi ko mapapangako pero susubukan ko."**

**"That's good to hear."** Sabi niya at ngumiti sakin.

Ilang sandali pa niyang hinawakan ang mga kamay ko. Balak ko na sanang agawin yon pero narinig namin ang pagtawag ni Kuya kaya sabay na kaming napabitaw.

**"You two get inside!"** Sabi niya at nauna na maglakad papasok sa bahay.

Napakamot ako sa ulo bago sumunod sa kanya. Napatingin pa ko sa kamuka ni Sir na bahagyang inayos ang butones ng damit.

Para talaga silang pinagbiyak na bunga ni Sir Alvin. Hindi kaya nawawala din siyang kapatid ni Sir tapos hindi lang nila alam.

*Eh bakit nandito siya kundi niya alam?*

Hinarap ko si Keifer. **"Bakit andito ang kamuka ni Sir? Akala ko ba hindi sila kambal?"**

Bahagya siyang tumawa. **"Si Sir Alvin yan."**

**"Weh?"**

Tumango siya. **"Iba lang talaga ang personality niya sa school."**

*Ay akala ko magkaibang tao.*

Ang taray, gumaganon si Sir. Pero wala man lang siyang sinabi. Hindi man lang niya nilinaw. Hinayaan niya kong isiping ibang tao siya sa sir Alvin na kilala ko. *Ulupong din.*

Nagpatuloy na ko sa paglalakad habang palihim na binabato ng masamang tingin si Sir at mahihinang sumpa. Sumakit sana tyan niya.

Pagpasok sa loob ng bahay agad akong naupo sa sofa. Naligid ko na to kanina pagdating namin. Lumabas lang ulit kami ni Kuya Angelo para hintayin si Keifer.

Akala ko sa sala kami mag-uusap-usap pero nagtuloy-tuloy sila papunta sa likod bahay. Susunod sana ako pero hinarangan ako ni Kuya Angelo.

**"Stay here. Kami lang ang mag-uusap."**

**"T-teka... Bakit hindi ako kasama?"**

Tinignan niya ko ng masama. **"I said stay here."**

Hindi na ko nag-reklamo pa at hinayaan nalang silang umalis. Bumalik ako sa sofa para maupo.

Nakakainis na hindi ako kasali sa usapan nila. Gusto kong malaman kung ano ng gagawin ni Yuri at kung saan na siya tutuloy ngayon. Abo na ang bahay nila sa tuktok ng building.

*Saan na kaya siya titira ngayon?*

Napatingin ako kay Ma'am Cindy na mukang galing sa kusina dahil may suot pang apron. Mabilis akong napanganga ng makita ko ang kasunod niya. Hawak niya sa buhok ang babaeng pula ang buhok. Buong akala ko ay nakaalis na siya dahil bigla siyang nawala sa loob ng sasakyan.

**"L-let go."** Sabi ni red hair girl.

Wala na ang suot niyang mask kanina. Malinaw ko ng nakikita ang makinis niyang muka. At hindi ako pwedeng magkamali na siya rin ang babaeng nasa mall na nakabunggo sakin at sinabunutan ni Yuri.

**"Not until you tell me who are you and why are you in my property?"** Galit na sabi ni Ma'am Cindy at nginudngod sa pader ang muka ng babae habang hawak ang isang kamay sa likod nito. **"Nasan sila?"** Tanong niya sakin.

Nanginginig akong tinuro ang pinto papunta sa likod. Napailing si Ma'am at tsaka binitbit ang babae palabas. Napilitan akong sumunod sa kanila para malaman ang mangyayari.

*Yes, the spirit of tsismosa.*

Napalingon agad sila samin ng makita kaming papalapit. Idagdag pang maingay ang pagkakasara ng pinto dahil agad kong nabitawan.

**"Sino yan?"** Tanong ni Sir Alvin kay Ma'am Cindy.

**"Nakita ko siyang umaaligid sa labas."** Sagot niya.

Tinignan ako ni Kuya at Yuri. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko kaya napakamot lang ako sa ulo.

**"She's with us."** Sagot ni Yuri habang takang nakatingin kay red hair girl.

Ayaw pa sana siyang bitiwan ni Ma'am kundi lang kinumpirma ni Kuya Angelo ang sinabi ni Yuri. Agad na lumayo ang red hair girl at tinignan ng masama si Ma'am Cindy habang hinihimas ang brasong hawak nito kanina.

Mukang nabitin ang usapan nina Kuya at hindi na rin tinuloy pa dahil isa-isa na silang naglakad papasok. Nauna si Sir Alvin na sinabayan ni Ma'am Cindy.

**"Nasaktan ka ba?"** Tanong ni Sir sa asawa niya.

**"Ano na naman bang gulo to? Kapag andito si Angelo hindi maganda ang kutob ko."** Sagot ni Ma'am.

Hindi ko na narinig ang sunod nilang sinabi dahil tuluyan na silang nakapasok sa loob ng bahay.

Kasunod nila si Kuya at Keifer. Akmang lalapitan ako ng Hari ng batakin siya ni Kuya sa kwelyo hanggang sa makapasok sa bahay.

**"Hey!"** Sigaw ng Hari ng mga Ulupong.

Tumingin pa siya sakin na parang nanghihingi ng tulong pero pagngiwi nalang ang nasagot ko.

Papasok na rin sana ako ng marinig kong magsalita si Yuri. Hindi ko lang naintindihan dahil hapon ang usapan nila. Mukang sinusubukan niyang kilalanin ang kabuhok niya.

*Hindi ko gets.*

Ayokong makaistorbo sa kanila kaya pinili ko nalang tumalikod at pumasok na sa loob pero hindi pa ko nakakalayo ng may humawak sa kamay ko at nang lingunin ko nakaharap si Yuri sa babae at bahagya akong tinuturo.

**"Y-yuri."** Gulat na tawag ko sa kanya.

**"She's with me thay day. You accidentally run into her."** Sabi niya habang nakatingin kay red hair girl.

Mukang pinapaalala ni Yuri ang unang beses na pagkikita namin. Tinitigan ako ng babae mula ulo hanggang paa. Nag-peace sign pa ko kahit tanda kong nagsapakan kami.

**"I remembered."** Sagot niya at tinignan ako mula ulo hanggang paa bago magtaas ng kilay.

*Ay may naaamoy akong pagtataray. Round two na ba?*

Bahagya akong lumapit kay Yuri para bumulong. **"May galit pa sakin yan. Nagsapakan kami niyan kanina."**

Nangunot ang noo niya no'ng una pero unti-unti niyang naalala ang naabutan niyang eksena namin kanina bago hampasin sa ulo ang babae at mawalan ng malay.

**"Bakit ba kayo nag-away?"** Inosenteng tanong niya sakin.

Agad akong bumitaw sa pagkakahawak niya at hinampas siya. Napahawak siya sa braso niyang tinamaan ko.

**"Bakit kamo siya nasa bahay niyo? Hindi ba to kasabwat ng mga sumugod sa inyo? Baka magnanakaw din yan?"**

**"Anong magnanakaw?"**

Puno ng pagtataka kong tinitigan si Yuri. Sa sobrang stress niya hindi na niya maalalang pinasok sila ng magnanakaw at nakipagbarilan siya.

**"Ninakawan kayo! Tapos nahuli mo sila kaya kayo nagbarilan! Di ba?"** Pilit kong pagpapaalala sa kanya.

Napakurap-kurap siya bago kamot ulong tumango at ilang na ngumiti.

**"O-oo, tama ka. Mga magnanakaw yun."** Pagkumpirma niya pero parang hindi ako kumbinsido.

**"Bakit ka nga pala may baril?"**

Nawala ang ngiti niya at bahagyang naging seryoso. Tumingin pa siya sa babaeng pula ang buhok bago ako balikan ng tingin at ngumiti.

**"I need it for protection."**

Napatango-tango ako bilang pagtanggap ng sagot niya. **"Akala ko my sideline ka din kagaya ni Kuya."** Tipid akong ngumiti sa kanya. **"Pero wala ka pa namang napapatay di ba?"**

Natigilan siya at kita ko ang bahagya niyang pamumutla. Nawala ang tipid na ngiti ko at mabilis na napalitan ng pag-alala. Mabilis akong kinutuban pero nawala din yon ng matamis siyang ngumiti sakin.

**"Syempre wala pa. Damage lang ang ginagawa ko at tatakbuhan ko na sila."** Paliwanag niya at nakahinga naman ako ng maluwag.

Pero hindi ko itatanggi na may pagdududa ako. Ayoko siyang pilitin pero nahihirapan talaga ako sa ginagawa niyang pagtatago. Gustong-gusto ko siyang tulungan pero paano ko gagawin yon kung siya mismo ayaw magpatulong.

Bahagya akong natigilan ng mapansin ko si red hair girl. Taas na taas ang kilay niya habang nakatingin samin ni Yuri. Naiinis na siguro siya dahil na-dedma namin ang beauty niya.

**"M-maybe we should get inside."** Pag-aaya ko at nagpauna na maglakad.

Ramdam ko ang pagsunod ni Yuri sakin. Napansin ko agad si Kuya na nakaabang samin at sinenyasan kaming sumunod sa sala. Mabilis naman naming ginawa. Naupo ako sa sulok ng sofa at umupo si Keifer sa tabi ko pero bago pa dumikit ang pwet niya sa upuan, sumingit si Kuya sa gitna namin.

**"Move."** Utos niya na may pagbabanta.

**"Tss."** Sagot lang ni Keifer bago umusog para bigyan ng space si Kuya.

Kung hindi lang ako naiinis kay Yuri pagtatawanan ko siya. Para kasi siyang bata na hindi nakuha ang gusto. May pag-irap-irap pa siyang nalalaman.

*Hindi ka uubra kay Kuya Angelo. Hehe.*

Napatingin ako kay Sir Alvin at Ma'am Cindy na naglalakad palapit samin. Nagtinginan pa silang mag-asawa bago magsimulang magsalita.

**"Keifer."** Tawag ni Sir sa Hari ng mga Ulupong. **"Are you taking Keiren home?"**

Tumango si Keifer. **"Yeah, It's safe for him to go home now."**

Parang hindi tanggap ni Ma'am Cindy ang sagot ng Hari. Malungkot siyang tumango at piniling manahimik sa tabi ni Sir.

**"As per what we discussed, Yuri will stay here for a while. Hindi pa natin masasabi kung safe na siya sa bago niyang lilipatan."** Dagdag ni Sir pero naantala yon nang pumasok si red hair girl. Pare-pareho kaming napatingin sa kanya.

*Agaw eksena. VIP ka?*

**"Is it okay if I stay here with Yuri?"** Tanong niya kahit hirap magsalita ng english.

Napatingin kami kay Yuri na nagulat sa narinig niya. Pati kami bahagya ding nagulat.

**"It's a no. We don't know you and I don't like strangers here in my house."** Mabilis na sagot ni Ma'am.

**"But Yuri knows me—."**

**"Wait! I just official met you today."** Tarantang putol ni Yuri sa kaniya.

Meron pa siyang mga sinabi sa salitang hapon na hindi na namin naintindihan. Mukang matigas ang babaeng pula ang buhok dahil wala man lang siyang naging reaksyon.

Namangha ako ng biglang sumali si Ma'am Cindy sa usapan nila at sa salitang hapon din. Medyo nagtaka pa si Yuri sa kanya at mukang meron silang pinag-usapan na mabilis sinang-ayunan ni red hair girl.

**"Ihahatid ko sila sa bayan para makuha ni Yuri ang mga gamit niya at para makauwi na din tong babae na to."** Sabi ni Ma'am habang nakaturo sa babaeng pula ang buhok.

Naglakad ang red hair girl palapit sakin. Nagulat ako ng bigla niya kong siksikin mula sa pagkakaupo sa sulok. Napilitan si Keifer at Kuya na umusog para magkasya kami.

Takang-taka ako habang nakatingin sa kanya pero pagtaas lang ng kilay ang sinagot niya sakin.

*Ay maldita. Sabunutan nalang ulit?*

Nang masiguro na okay na ulit lahat, bumalik sa pagsasalita si Sir Alvin.

**"Yuri still needs to tell us what's going on."** Napatango ako. **"Hindi kami papasok sa gulo na hindi namin maintindihan."**

Naging tahimik si Yuri. Halatang ayaw pa rin niyang magsalita pero naiinip na si Sir at Kuya na marinig ang sagot niya. At pati na rin ako.

**"Hindi niyo naman kailangang sumali sa gulo ko."**

**"Don't give us that crap."** Inis na sagot ni Keifer. **"You called me for help which means you can't handle it anymore. Kung hindi ka nga lang nagkamali ng dial ako sana ang pumunta."**

Malalim siyang nagbuntong hininga at napahilamos pa sa muka. Mukang ramdam niyang hindi siya mananalo samin.

**"Okay, sasabihin ko rin. Pero hindi ngayon. Hayaan niyo muna akong magpahinga please."** Pakiusap niya.

Halata ang pagod sa muka ni Yuri habang sinasabi yon. Hindi ko siya masisisi. Basta ang mahalaga handa na siyang magsabi ng totoong nangyayari sa kanya.

**"Wag niyong pilitin."** Sabi ni Ma'am. **"Don muna tayo sa mga bagay na maasikaso natin."**

*My point si Ma'am.*

Malalim na napabuntong hininga si Sir. **"Aayusin ko ang magiging kwarto niya."** Sabi niya at lumakad paalis.

**"Tatapusin ko lang ang niluluto ko."** Si Ma'am at hinarap si Yuri. **"Tapos kumain muna tayo bago kuhanin ang mga gamit mo."**

Tumango naman si Yuri bilang sagot. Naglakad na si Ma'am pabalik sa kusina.

Hindi ko maiwasang hindi maalibadbaran sa babaeng katabi ko. Panay kasi ang irap niya sakin na para bang ako ang dahilan ng malas sa buhay niya.

Inirapan ko din siya pero binunggo ng tuhod niya ang tuhod ko. Muntik na ko mapaaray kundi ko lang naisip si Kuya na nasa tabi ko. Baka makagalitan niya ko kapag nalaman niyang nakikipagtalo ako.

Alam kong mauuwi lang kami sa pag-aaway kaya naisip kong tumayo nalang. Sabay-sabay naman silang tumingin sakin.

**"T-tutulungan ko lang si Ma'am Cindy."** Pagdadahilan ko kahit wala naman talaga akong balak.

Gusto ko lang talaga makalayo sa babaeng pula ang buhok. Kagigil gupitin ang buhok.

*Saan kaya gunting nila?*

Tumango si Kuya para payagan ako. Napatingin ako kay Keifer na nakatingin sakin.

**"Ano?"**

**"Tutulong ka ba talaga?"** Mapang-asar na tanong niya na nagpasibangot sakin.

**"Let her be. Gutom na siya."** Sagot ni Kuya sa kanya at pare-pareho silang tumawa.

Napairap lang ako at naglakad na papuntang kusina pero nagulat ako ng dumaan sa harap ko si red hair girl. Nagpauna pa siya sa sakin at agad na lumapit kay Ma'am Cindy.

Nagsalita siya ng hapon at nag-usap naman sila. Parang gusto ko nalang bumalik sa sala kung nasan sila Kuya.

*Wala akong laban.*

**"Mariano, may kailangan ka?"** Tanong sakin ni Ma'am ng makita akong nakatayo at nakatingin sa kanila.

**"Tutulong po sana."** Sabi ko.

Tumango naman siya at sinenyasan akong lumapit. **"Pakihiwa mo tong mga to."** Patukoy niya sa mga gulay sa lamesa.

Lumapit ako at akmang kukuhanin ang kutsilyo pero inunahan na ko ng pulang buhok. Napataas lang ng kilay si Ma'am pero tinalikuran niya kami at humarap sa kalan kung nasan ang nakasalang niya.

Kinuha ko nalang ang mas maliit na kutsilyo at akmang kukuhanin ang sibuyas ng unahan na naman ako ng babaeng pula ang buhok. Hinayaan ko nalang siya dahil meron pa namang isang sibuyas na kailangang balatan at hiwain.

Matapos ang sibuyas, sinunod ko ang ibang gulay. Ganon nalang ang pagtataka ng mapansin kong nangalahati na ang dapat na hihiwain at halos tapos na ang lahat. Tinignan ko si red hair na parang nasa karera dahil sa bilis magbalat.

**"Done."** Sabi niya ng matapos sa ginagawa.

Tinapos ko nalang din ang ginagawa ko. Gusto ko mang wag na siyang pansinin hindi ko maiwasan. Para kasi siyang nakikipag-unahan sakin na hindi ko maintindihan.

*May paligsahan ba? Anong premyo?*

Kinuha ni Ma'am Cindy ang mga hinawa namin at siya na ang nag-ayos ng lahat sa harap ng kalan.

**"Clean the table."** utos pa niya.

At kagaya ng inaasahan, nagmadali na naman ang babaeng pula ang buhok. Pinili ko nalang hindi gumalaw at panoorin nalang siyang gawin ang lahat.

*Ayan sige, magpasikat ka.*

Inutos din ni Ma'am na maglagay ng mga plato sa lamesa. At ano pa nga ba ang aasahan. Nakipag-karera na naman ang pula ang buhok. Inirapan pa niya ko ng matapos siya.

Gusto kong matawa sa kanya. Dahil kasi sa ginawa niya wala na kong kailangang gawin. Edi nakaginhawa ako. Wala akong planong magpakitanggilas kagaya ng ginagawa niya. Tapos sa huli wala namang premyo.

Ang hindi ko nga lang maintindihan kung bakit pati sa pagkain parang nakikipag-kumpitensiya pa rin siya.

*Parang ang sarap manabunot ulit ng pula ang buhok.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 354

**A/N:** Maraming salamat sa paghihintay.

AMNSE Advance chapter is now available on Patreon.

Meron na din po akong YouTube Channel. Sana support niyo din.

**To be or not to be**

***Jay-jay's POV***

**"Jay..."** Mabagal na tawag ni Kuya na may pagbabanta.

Hindi ko siya pinansin at pinagpatuloy ang ginagawa kong pagtitig sa babaeng pula ang buhok. Muka kasi siyang timang sa pag-aasikaso kay Yuri, samantalang takang-taka naman sa kanya tong isa.

**"Kukuhanin ko pagkain mo."** Banta ni Kuya kaya mabilis ko siyang hinarap. **"Tigilan mo nga ang pagtitig sa kanila."**

**"Kilala mo ba yang babae na yan?"** Halos pabulong kong tanong.

Umiling siya. **"Never seen her before."**

Nagsisimula na kong maintriga sa kanya dahil sa mga kinikilos niya. Idagdag pang kanina lang namin siya official na nakilala. Ang hindi ko lang maintindihan, eh kung bakit nasa bahay siya ni Yuri kanina at nakikipagbanatan sakin. Buong akala ko talaga kalaban siya pero sa paraan ngayon kung todo asikaso siya sa kapwa pula ang buhok.

*Nagsisimula na kong mailang sa kanya.*

Pinagpatuloy ko ang pagkain kahit hindi siya mawala sa isip ko. Habang abala sila sa kanya-kanyang pagkain at usapan, panay ang lagay ni Keifer pagkain sa plato ko.

**"Hoy! Hindi ko mauubos yan!"** Inis na sabi ko.

**"Akala mo lang yon."** Sabi niya at nilagyan pa ko ng kanin.

Ngumiti pa siya sakin bago pagtuunan ng pansin ang nasa plato niya. Sandali akong napatingin sa babaeng pula ang buhok ng mapansin ko ang pagtitig niya sakin at kay Keifer.

Humarap siya kay Yuri at merong sinabi sa salitang hapon. Mukang meron siyang tinanong.

Awkward na tumingin samin si Yuri bago sagutin ang kaharap. **"You can ask them."**

Tinignan niya kami pareho ng Hari. Puno ng kuryosidad ang itsura niya. Hindi ko maiwasang kabahan. Ang lakas maka-intriga ng iniisip niya samin.

**"Are you two dating?"**

*Whut?*

Agad akong sumagot dahil may hinala na ko sa isasagot ng Hari.

**"No."**

**"Yes."**

Sabay naming bitaw at hindi nga ako nagkamali. Narinig ko ang malutong na mura ni Kuya Angelo sa tabi ko. Bahagya namang tumawa si Sir at Ma'am.

**"Jay!"** Tawag sakin ni Kuya at agad akong umiling sa kanya.

**"Hindi ah! Pinagti-tripan lang tayo ni Keifer!"**

Tinignan ni Kuya si Keifer. **"What the hell are you thinking?"**

**"Doon din naman kami papunta."** Sagot ng Hari at halos mabali ang leeg ko sa paglingon sa kanya.

Pinandilatan ko siya ng mga mata.

*Makuha ka sa tingin, shuta ka!*

**"It's okay... I know you're not ready to be officially with me. But I know deep inside you, you love me too."** Sabi niya at inosenteng ngumiti.

**"Ayos ka lang?"** Halos maiyak na tanong ko.

Sinabi niya yon na para bang wala si Kuya Angelo sa tabi namin. Sinabi niya na yon na para bang hindi ako mapapahamak kay Kuya. Sinabi niya yon na para bang magiging maayos lang ang lahat pero hindi ako magiging maayos sa kamay ni Kuya.

**"Tukmol ka."** Pabulong kong habol.

Dinig ko ang pagbuntong hininga ni Kuya na para bang nagpipigil siya ng galit.

*Pigilin mo lang Kuya.*

**"I'll pretend that I didn't hear that."** Sabi niya at bumalik sa pagkain.

Ako din. Magpapanggap akong hindi ako malilintikan sa kanya. Mapapanggap ako ayos lang ako kahit inaabangan ko na ang sermon niya. Magpanggap tayo.

Bumalik ako sa pagkain at napansin ko agad ang paraan ng pagtingin sakin ni red hair girl. Para bang sinusuri niya pati lamang loob ko at kaluluwa. Pinaningkitan ko siya ng mga mata.

*Kanina ka pa.*

Hinarap niya si Yuri at merong sinabi sa salitang hapon. Bigla nalang nasamid si Yuri at kulang nalang lumawa na ang lalamunan at baga niya sa pag-ubo.

Pakiramdam ko meron siyang sinabi tungkol sakin dahil sa paraan ng pagtingin ni Yuri. Para siyang naiilang na nahihiya.

Pinagpatuloy ko nalang ang pagkain ko. Makakagalitan pa ko kung itutuloy ko ang pag-obserba sa kanila. Hindi rin matatapos ang paglalagay ng Hari ng pagkain sa plato ko kung aalisin ko ang atensyon ko sa kinakain ko.

Halos sunod-sunod kaming natapos sa pagkain. Nagprisinta ang babaeng red hair sa pagliligpit. Napangiti naman ako dahil hindi ko na kailangan pang kumilos pero tinulungan pa rin siya ni Sir Alvin at Ma'am Cindy.

**"Yan, taga-kain lang pero hindi marunong magligpit."** Parinig ni Kuya sakin. **"Kawawa magiging asawa mo. Tamad ka mag-asikaso."**

**"Eh? Anong connect ng hindi ko pagliligpit sa pag-aasawa?"**

**"It's okay, we have lots of maid. Jay doesn't need to move at all to do house chores."** singit ng Hari sa pinaguusapan namin ni Kuya.

Napatitig kami sa kanya habang napapakurap-kurap. *Anong pinagsasasabi niya?* Kinakabahan na ko sa kalagayan niya. At bakit ba nasa usapang pag-aasawa kami? Si Kuya naman kasi, kung ano-ano sinasabi na wala sa ayos.

**"What makes you think that you two will end up as husband and wife?"** May pagbabantang tanong ni Kuya Angelo.

**"I just know."** sagot niya at ngumiti.

Kulang nalang paligiran siya ng bulaklak at paru-paru. Kampanteng-kampante siya na kami talaga ang magkakatuluyan. Tibay ng pananalig. Saan naman kaya siya humuhugot ng kumpiyansa sa mga iniisip niya? Baka pwede ko ring panghugutan.

Hinarap ako ni Kuya na para bang sinusuri ang nasa isip ko at kung ano mang tinatago kong sikreto sa kaloob-looban ko. Malamang ko iniisip niya na may relasyon na kami ng Hari ng mga Ulupong.

*Eh wala nga kaming maayos na label.*

Mga natatagong pagkain lang ang tanging sikreto ko sa katawan. Pagkain na kinuha ko kusina ng bahay habang tulog sila. Tapos ay itatago ko sa kwarto. Ligtas sila sakin.

Napatingin ako kay Yuri na nakikingiti lang sa mga usapan namin. Halatang hindi siya nakikinig at may ibang iniisip. Lalapitan ko na sana siya pero nauna si Ma'am Cindy at senyasan siya. Mukang aalis na sila para kuhanin ang mga natitirang gamit ni Yuri na hindi nadamay sa sunog.

Sandali siyang nagpaalam samin bago tumalikod at umalis. Kasunod nila si red hair girl na tumingin sakin na para bang nang-aasar. Napanguso ako bago mapairap. Iba din ang problema sakin ng babaeng to.

*Nagagandahan siguro siya sakin.*

Pagkaalis nila, pinuntahan ni Kuya si Sir Alvin. Naiwan kami ng Hari ng mga Ulupong. Naramdaman ko kagad ang simpleng paglapit niya sakin at mabilis naman akong lumayo.

**"Umayos ka, andyan lang si Kuya."** sita ko sa kanya.

Umismid lang siya. **"Like I'm scared."** Mayabang na sagot niya. **"Magsuntukan pa kami dito."**

**"Talaga ba?"** sarcastic na tanong ko. **"Gusto mo tawagin ko siya ngayon?"** Hamon ko.

**"Don't. He's busy talking to Sir Alvin."** mabilis niyang sagot.

*Akala ko ba matapang?*

**"Urong tapang mo no?"** pang-aasar ko at parang napikon naman siya.

**"Gusto mo labas ko tapang ko ngayon?"** tanong niya at tipid naman akong tumango bilang sagot.

Malakas ang kutob kong kalokohan na naman ang gagawin niya. Hindi ako nangangamba dahil andyan lang si Kuya at isang sigaw ko lang alam kong nandito na siya.

**"Tara..."** Aya niya sakin pero hindi ako sumunod. **"Tara... Layo lang tayong kaunti."**

*Bakit kailangang lumayo?*

**"Dali na."** Pagmamadali niya sakin.

**"Bakit? Pwede naman dito?"**

Umiling siya. **"Kailangan do'n tayo."**

Pinandilatan ko siya ng mga mata. **"Subukan mo lang gumawa ng milagro. Andyan lang si Kuya Angelo. "**

Bahagya siyang tumawa. **"Anong milagro?"** Hinawakan niya ang kamay ko at hinatak.

**"Maang-maangan ka pa dyan. Inosente ka?"** Hinayaan ko siyang hatakin ako pabalik sa sala.

Pagdating don, tumingin lang siya sa paligid sandali bago ako yapusin sa bewang gamit ang isang braso. Muntik na ko mapasigaw pero natakpan agad niya ang bibig ko. Inalis lang niya yon ng masigurong hindi ako sisigaw.

Hinampas ko kagad ang dibdib niya. **"Hindi ba milagro tong balak mo? Bitiwan mo nga ako."**

Sinubukan ko siyang itulak pero dalawang braso na niya ang nakayakap sa bewang ko. Kapag naabutan kami ni Kuya ng ganito hindi lang si Keifer ang malilintikan, pati na rin ako. Hindi pa nga siya tapos sa sermon sakin mukang madadagdagan pa.

*Mas kailangan kong maging mabait ngayon.*

Baka mapuno na sakin si Kuya gamitin niya sakin ang sideline niya. Kung kailan malapit na kami magkita ni Papa. Baka mauna ko pang makita mga anghel sa langit.

**"Just a hug. Gusto lang kita yakapin."** pakiusap niya.

**"Kapag nahuli tayo ni Kuya, putol yang mga braso mo."** Banta ko pero tinawanan lang niya ko.

Sinandal niya ang ulo sa balikat ko at naramdaman ko ang malalim niyang paghinga. Unti-unting naging malinaw sakin ang dahilan kung bakit niya to ginagawa. Ramdam ko ang pagod niya at mukang meron din siyang pino-problema. Mali yatang pinag-alala ko siya kanina ng ikwento kong nakipagpatintero ako sa nagbabarilan.

*Nakadagdag pa ko sa stress niya.*

**"I feel useless."** Bulong niya.

Hindi ko namalayan na yumakap na pala ang mga braso ko sa kanya. Napansin ko nalang nang kusang humigpit ang yakap niya sakin.

**"Paanong useless?"** tanong ko.

**"Wala ako do'n para tulungan si Yuri. Yes, we are rival with other things but he's still my bestfriend. My care for my friends are equal but when it comes to Yuri it hit differently."** sabi niya at alam kong totoo yon.

Mula noon hanggang ngayon kahit magkaaway sila minsan hindi siya pumapalyang ipakita ang pagpapahalaga niya kay Yuri. Kahit muntik ko na silang masira handa pa rin siyang tanggapin ang bestfriend niya. Alam ko naman kung bakit. Ayaw niya ng panibagong Percy sa buhay niya. Ayaw niya ng panibagong kaibigang mawawala sa buhay niya. Kaya kahit ilang beses silang magbangayan, tatanggapin pa rin niya si Yuri.

Nakakamangha na may taong kagaya niya. Kahit magkaiba sila ng pananaw at gustong gawin o paniwalaan tanggap pa rin niya ang kaibigan. Sabagay, ganon naman talaga dapat ang pagkakaibigan. Kahit anong pagkakaiba niyo basta tanggap niyo ang isa't-isa at may respeto walang magiging problema.

*Mas masaya nga lang kung may kasamang kalokohan.*

**"Hindi mo naman ginusto yon. Namali siya ng dial."** tinapik-tapik ko ang balikat niya. **"Magkasunod kasi ang pangalan natin. J and K."**

**"He should've double check it before calling. Pati ikaw nalagay sa panganib."**

**"Pero okay ako di ba? Buo, walang labis walang kulang. Wag mo na isipin yon, kailangan natin mag-focus sa kaya nating harapin ngayon kagaya nga ng sabi ni Ma'am Cindy."**

Nagbuntong hininga siya bago tumango. **"Pero sana, ilayo mo ang sarili mo sa kapahamakan."** Humigpit pa ulit ang pagkakayakap niya. **"Hindi ko kakayanin kapag may nangyari sayo."**

Sandali kong inisip ang mga huling sinabi niya. Masyado ng pinapatalon ni Keifer ang puso ko. Hindi na nakakatuwa - *medyo lang.* Tumataas ang level ng karupukan ko. Kusa din akong yumakap sa kanya.

**"Paulit-ulit ka. Mag-iingat naman nga ako di ba?"** bulong ko sa kanya.

**"Tigas ng ulo mo po."** sabi niya at bahagya akong natawa.

Sandali akong napaisip. Ano ba tong ginagawa ko? Masyado na kong nagpapalambing sa kanya kahit wala pa namang matinong kami. Nakakahiya mang aminin pero gusto ko din ang atensyong binibigay niya. Gusto ko rin kapag ganitong naglalambing siya. Pero hindi naman pwedeng ganito lang kami ng ganito.

Siguro nga tama ako sa naisip ko, baka oras na. Baka pwede na. May takot pa rin ako at pangambang iniisip pero hindi ko naman malalaman kung tuluyan ko na ba siyang napatawad kung hindi ko susubukan. Sa sandaling panahon ng pagbabalik niya, marami na ding nangyari.

*Pwede na siguro maging kami.*

**"Keifer..."** tawag ko sa kanya. **"Ayos lang ba sayo kung ganito lang tayo at walang label?"**

Bahagya siyang tumawa. **"No'ng una, oo. But I later then realize that it's better if we have proper relationship status. I want to legally call you mine and you do the same to me."**

**"May pa-legal-legal ka pang nalalaman dyan."**

Humiwalay siya sakin at hinawakan ang isang kamay ko. **"Felix told me the consequences of not having a relationship label. He also told me na**

**baka isipin ng iba na side chick kita, which I don't want to. Kaya naisip ko na mas mabuti ngang may label tayo."** Sandaling nangunot ang noo niya at napatitig sakin. **"Why are you asking me that?"**

**"Ano... kasi... naalala ko lang bigla dahil parang ang bilis magbago ng isip mo."** kamot ulo kong sagot.

**"Basta sa ikakabuti mo, I will quickly change my mind."**

*Yabang. Ikakabuti ko talaga.*

**"Edi ikaw na..."** bulong ko at pinagsiklop ang mga kamay namin.

Napatitig siya don at ganon din ako. Sandali kong pinakiramdaman ang mainit niyang palad sa kamay ko. Halos magkasing-edad lang kami ni Keifer pero ang laki ng kamay niya kumpara sa 'kin na nagmukang kamay ng bata. Kamay yata ng itik to tapos pudpod pa ang kuko. Mabuti nalang malinis-linis ngayon.

**"Is there something bothering you?"** tanong niya.

Umiling ako at nagpilit ng ngiti. Sa muka naman niya ako tumitig. Lagi akong naninibago sa muka niya. Dahil siguro lagi akong umiiwas ng tingin para makailag ang karupukan ko. Kaya kapag may pagkakataon akong titigan siya, naiilang ako.

Pasimple siyang ngumiti sakin bago hawiin ang buhok ko pabalik sa likod ng tenga. Kakaiba ang pag-aasikaso niya sakin. Bigla kong na-miss yung mga panahon na nag-aaway kami. Pati mga kalokohan ko sa kanya na hindi niya alam at hindi ko na rin ipapaalam.

*Ako ng bahala don.*

Masyado bang mabilis kung magiging kami agad? Kailan lang nangyari ang lahat. Kailan lang siya bumalik at nagpaliwanag. Kailan ko lang din napansin ang pagbabago niya. At kailan ko lang din napapansin na parang napapaunlad na niya ang sarili. Pero lahat ng yon ay ilang buwan palang samantalang ang tagal na naming naglalandian.

*Oo, inaamin ko din sa sarili ko kalandian naming dalawa.*

Wala naman sigurong masama kung magiging kami na sa kabila ng maikling panahon na yon? Higit sa lahat, kami lang din ang nakakaalam kung ano ang mga pinagdaanan namin at kung kailan ang tamang panahon para samin.

**"Jay?"** tawag niya ng walang marinig na sagot sakin.

**"Keifer..."** panimula ko. **"t-tingin ko kasi..."** hinintay niya ang sasabihin ko. Kusang humigpit ang kamay ko sa pagkakahawak sa kamay niya. Kinakain ako ng kaba at nagsisimula din akong pagpawisan kahit maayos naman ang temperatura sa bahay nila Sir Alvin.

**"What you see?"** Inip na tanong niya.

**"Tingin ko... P-pwede... na... t-tayo."** dahil sa kaba nauutal ako.

*Hinga! Huminga ka!*

Walang dahilan para kabahan ako pero hindi ko mapigilan. Para bang magbibitaw ako ng secret code na kapag hindi niya nakuha katapusan na ng mga buhay namin.

Bahagya din akong nahiya. Wala kasi sa itsura ko ang mag-aya ng relasyon. Taga-sagot lang ako ng '*oo*' o '*hindi*' o kaya ng '*sige*'.

*Ako kaya ang babae.*

**"T-Tayo..."**

**"Tayo?"**

Nagdadalawang isip ako. Bakit pakiramdam ko sobrang bilis naman? Mabilis na mabilis. Mabilis pa sa speed of lights. Mabilis pa kay Lightning McQueen. Mabilis pa kay Flash. Hindi dapat ganito kabilis, dapat mabagal ng kaunti.

Napatitig ako sa muka niya na halatang nag-aabang sa sasabihin ko. Nanghihinayang ako kung hindi ko itutuloy ang sasabihin ko. Magandang pagkakataon din to dahil dalawa lang kami. Bukod don, malakas-lakas din ang loob ko ngayon. Sobrang lakas kahit andyan lang si Kuya Angelo sa paligid nakikipag-holding hands pa rin ako kay Keifer.

*Baka sa susunod wala na kong kamay.*

**"Is everything alright?"** Inip na tanong niya.

**"Okay naman... gusto ko lang s-sabihin na."**

Hindi ko magawang tapusin ang sasabihin ko. Kusang umuurong ang dila ko sa kaba. Kainis, parang ako yung nanliligaw saming dalawa.

*Nanliligaw?*

Wala akong maalala na nilagawan ako ng maayos ng lalaking to. Napangiwi ako kasunod ng pagsalubong ng mga kilay.

**"Nanligaw ka na ba sakin?"** iritang tanong ko.

Napakurap-kurap siya sa tanong ko na parang bang sinasabi niya '*You gonna be kidding me.*' sa isip niya.

**"Hindi pa ba panliligaw ang mga ginawa ko para sayo?"**

Napatakip ako sa bibig gamit ang isang kamay ko dahil sa pagkakasabi niya. Tama naman siya, sa dami ng mga ginawa at naibigay niya maituturing na rin yong panliligaw. Ibang ligaw kasi ang nasa isip ko, yung makaluma.

**"Panliligaw naman. Sa tingin ko."** sagot ko pero parang hindi siya at ako kumbinsido.

**"Do you want me to court you traditionally?"**

Mabilis akong umiling. **"H-Hindi. Okay na yung mga nagawa mo. At least unique at walang masyadong gagaya."**

**"You sound sarcastic."**

Napakurap-kurap ako. **"Hindi — ."**

**"Wala namang problema sakin, I will serenade you in front of your house."**

Hindi ko alam kung tatawa ba ko o ngingiwi sa mga pinagsasasabi niya. Pwede siyang mangharana kung yon nga ang gusto niya pero ihanda niya ang sarili niya kay Kuya at sa mga kapitbahay namin. Alam kong madalas na magulo sa bahay kaya hindi na ko magtataka kung nabubulabog sila.

*Lipat sila bahay kung ayaw nila samin.*

**"Ano namang kakantahin mo?"**

**"I will compose my own song. Blaster can help me."**

Napangiti ako. Effort naman sa balak na panghaharana. Pakantahin ko siya Eminem song.

**"Wag na."** mabilis kong tangge.

**"Why not?"**

**"Okay na nga di ba? Marami ka ng nagawa para sa kin. Tingin ko sapat na yon."** Malumanay kong sabi at napatitig siya.

Tinitigan ko rin ang mga mata niya. Pansin ko na halatang meron siyang hinihintay na sunod kong sasabihin. Parang meron siyang hinihintay na salita. Pero kagaya kanina, urong na naman ang dila ko.

*Magic word?*

**"T-tayo..."**

Ramdam ko ang paghigpit ng hawak ng kamay niya.

**"Tayo... na —."**

**"TAO PO!"** malakas na sigaw sa labas ng bahay na pumutol din sa sasabihin ko.

*Ay shuta!*

**"PO TAO!"** sigaw pa ulit.

Napabitaw kami ni Keifer sa isa't-isa ng lumitaw si Kuya Angelo kasama ni Sir Alvin. Agad silang lumapit sa pinto para silipin kung sino yon.

**"Dito ba talaga nakatira si Sir? Baka naliligaw na tayo?"** Dinig kong sabi ng kung sino at parang nabosesan ko siya.

Agad akong sumunod kila Kuya paglabas nila. Hindi nga ako nagkakamali dahil nakatayo ang mga Ulupong sa labas at naghihintay ng taong haharap sa kanila.

*Gandang timing.*

**"Eto si Sir — oy si Jay-Jay!"** sabi ni Eren sabay turo sakin.

**"Jay-Jay!"** tawag sakin ni Ci at dumamba ng yakap.

Niyakap ko din siya pabalik. Para na naman kaming 10 years na hindi nagkita. Nagpaikot-ikot pa kami sandali bago bumitaw.

**"How did you find my house?"** takang tanong ni Sir.

Bahagya akong nagtaka sa kilos niya. Bumalik kasi siya sa Sir Alvin na nakikita ko sa school hindi kagaya kanina na pinagkamalan ko siyang kakambal ng sarili niya.

*Hehe. double hanger.*

**"Si Keifer po Sir."** sagot ni Felix. **"Binigay address niyo para makasunod kami dito."**

**"I said after class."** sabi ng Hari na nasa tabi ko na pala. Tumingin siya sa relong suot. **"Patapos palang ang lunch break."**

Mahinang tumawa ang iba sa kanila sabay kamot sa ulo. Mukang nag-cutting ang mga ugok.

*Mahusay.*

Napabuntong hininga si Sir Alvin. **"I need to call your next subject teacher."**

Tumalikod siya samin at pumasok sa loob ng bahay. Napatingin ako kay Kuya ng mapailing siya samin. Natahimik naman ang mga Ulupong habang nakatingin sa kanya. Ang iba naman ay umiwas talaga ng tingin dahil na rin siguro sa pagkailang.

**"I don't see the purpose of you guys being here."** sabi ni Kuya at humalukipkip.

Gusto kong sigawan si Kuya sa sinabi niya. Ramdam ko ang pagkapahiya ng mga kaibigan namin. Hindi muna niya inalam ang totoong dahilan ng pagpunta nila, basta na lang siya nagsalita ng ganon.

*Grabe, hindi ba pwedeng nag-aalala lang din sila?*

**"Natatamad na kasi kami pumasok."** sagot ni Ci-N at ngumiti sa kanya.

**"Daldal nito!"** Inis na sabi ni Mayo kay Ci.

Napangiwi ako. Buong akala ko dahil gusto nilang malaman ang nangyari at nag-aalala din sila. Yun pala mga tinatamad na pumasok kaya nagsipunta na dito.

*Ayos din.*

Umiling ulit si Kuya at bakas ang pagkadismaya niya.

**"We're here because we cared for our friends."** sagot ni David at harap-harapang nakipagtitigan sa kaniya.

**"Yeah right."** sarcastic na sagot ni Kuya bago kami talikuran at sundan si Sir Alvin.

Nang mawala sa paningin namin naglapitan na ang mga Ulupong. Kanya-kanya sila ng reaksiyon sa ginawa ni Kuya pero mas nangibabaw ang mga tanong nila.

*Nasaan si Yuri at anong nangyari?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 355

**A/N:** Merry Christmas!

**What's inside**

***Jay-jay's POV***

**"WAAAAAT?"** sigaw ni Drew sa mismong muka ko.

Agad ko siyang inambaan ng sampal. Kundi lang bahagyang sinangga ni David ang braso niya para hindi ako makatama malamang na sapul ang nguso niya sakin.

**"Mag-asawa nga si Sir Alvin at Ma'am Cindy?"** Maiyak-iyak na tanong ni Eren.

**"Oo nga. Kulit."** Inis na sagot ko.

**"HINDI! HINDI TO PWEDE!"** problemadong sigaw ni Rory.

**"Ang future namin ni Ma'am. Nasira na!"** Sunod na sigaw ni Blaster.

**"Crush ko pa naman si Ma'am."** mahinahong sabi ni Josh kaya bahagya akong napatingin sa kanya.

*May feelings ka pala?*

Akala ko hanggang ganyan na lang siya. Kundi ako susungitan o aawayin, aasarin naman. Marunong din pala siyang magkagusto. Tao pa rin siya at hindi multo.

Napapakamot nalang si Eman sa batok habang pinapanood ang mga kaklase naming nagwawala dahil sa nalaman nila.

Habang nakatambay kami sa labas ng bahay dumating si Ma'am Cindy kasama si Yuri pero wala na si Red Hair Girl. Hindi ko na natanong kung nasan na siya dahil sunod-sunod na nagtanong ang mga Ulupong kung bakit andito si Ma'am Cindy.

Sinagot ko ang totoo na mag-asawa si Ma'am Cindy at Sir Alvin kagaya ng nalaman ko. Bigla nalang silang nawindang at halatang hindi matanggap ang sinabi ko. Kanya-kanya na sila ng pag-iinarte.

Alam ko namang dati pa nila type si Ma'am. Unang pasok ko palang sa Section E ramdam na ramdam ko na. Sa kaniya lang kaya sila may gana magklase non. Pero iba yata ang tama ng mga to.

**"Crush ko din naman si Ma'am pero hindi naman ako ganyan ka-O.A."** sabi ni Calix habang napapailing.

**"Lahat nalang ba ng crush ko hindi para sakin?"** reklamo ni Edrix.

*Malay mo si Friend.*

**"Malay mo naman..."** Parinig ni Rory. **"Malay mo lang."**

Bahagya akong natawa sa sinabi niya pero agad ko ding tinago ang ngiti ko ng mapansin ang paraan ng pagtingin ni Edrix kay Rory. Halatang sinusuri niya ang kaibigan. Mabuti nalang at magaling magpapanggap tong isa na parang wala lang ang mga sinabi niya.

*Kailangan talaga niyang galingan, yari kami pagnagkataon.*

**"Wag ka mag-alala. Crush ko si Ma'am pero mas mahal kita."** Dinig kong sabi ni Mayo habang sinusundan si Kit na hindi naman siya pinapansin.

**"Crush ko din si Ma'am."** sabi ni Ci-N habang nakataas ang isang kamay. **"Ikaw David? Crush mo din si Ma'am?"**

Sandali siyang tumingin samin ni Ci. **"Isa lang ang crush ko. And I have no plan on adding more."**

*Wow. Sana lahat loyal sa crush.*

Hindi ko kaya yan. Imagine crush ko ang Liempo pero crush ko din ang Roasted chicken, ang hirap mamili sa kanila. Kaya para hindi ako mahirapan lahat nalang sila ginusto ko.

Sandali akong napaangat ng tingin ng maramdaman ko ang paghawak ng kung sino sa bewang ko at bahagyang paghatak. Diretsong nakatingin si Keifer habang hindi bumibitaw sa pagkakahawak sakin. Tinignan ko din ang tinitignan niya pero si David na nakatingin sa mga kaklase lang namin ang nakita ko.

*Ano meron?*

**"Kailan pa kasal sila Ma'am? Wala man lang nakahalata. Pati mga tao sa school."** tanong ni Felix.

**"Bago pa sila magtrabaho sa school. Not sure why they told no one about it, but it would be best if we respect their decisions without asking."** sabi ni Keifer at napatango naman ako.

May dahilan sila Ma'am kung bakit hindi nila nilantad ang pagiging mag-asawa nila. Ang bastos naman namin kung pilit pa naming aalamin yon, eh ayaw nga ipaalam. Wala din naman silang ginawa na ikalalabag ng pagiging mag-asawa nila. Wala pa kong narinig na merong ka-close na ibang babaeng teacher si Sir. Meron akong nakikitang lumalapit kay Ma'am Cindy pero halata namang wala siyang interes.

Kaya tingin ko kahit lihim ang pagiging mag-asawa nila, wala naman silang masamang intensyon. Sadyang gusto o kailangan lang siguro nilang itago.

*Parang maganda yung ganon.*

Parang bet ko kung ganong tago ang relasyon. Masakit nga lang kasi patago ka ding magseselos tapos patago din lambingan at away niyo. Medyo exciting kasi para kayong naglalaro ng tagu-taguan.

**"Hindi! Ma'am Cindy! Bakit hindi mo ko hinintay?"** sigaw ni Drew at naglumpasay pa sa sahig.

Napangiwi ako. Feeling naman niya papatulan siya ni Ma'am, bukod sa ang layo ng edad nila ang dami niya pang utang.

*Bayad-bayad din.*

Bigla kong naisip si Kwanan. Kung halos lahat ng mga kaklase namin e' may gusto kay Ma'am, pati kaya siya. Minsan na niyang pinuri si Ma'am sa harap ko, no'ng mga panahong unang pasok ko palang sa Section namin. Hindi malabo na pati siya may type na rin sa kanya.

**"Keifer."** seryosong tawag ko. **"Type mo din ba si Ma'am?"**

Mabilis siyang umiling pero si Ci-N na ang sumagot para sa kanya.

**"Oo, type niya si Ma'am."** inosenteng sagot ni Ci. **"May picture pa nga siya ni Ma'am sa cellphone niya."**

*Ay mahusay.*

Hindi ko inalis ang tingin ko kay Keifer. **"Sinungaling."**

Iiling-iling pa. Mabali sana leeg mo kaiiling. Ibang tao pa ang aamin sa kalokohan niya.

**"I-It's not what you think."** tarantang sabi niya. **"Yes, I do have a picture of her but that is for contact purposes."**

Bakit kailangan ba yon? Mahalaga bang may litrato sa contacts?

**"Muka mo contact."** pambabara ko kasunod ang pag-irap.

**"For real, I add photos on contact information."** dagdag niya.

**"Syempre para mabilis mong masagot."** sabi ko at kita ko ang reaksyon niyang parang nahuli sa aktong gumagawa ng kababalaghan. **"Kita mo hindi ka makasagot."**

Sinubukan niyang hawakan ang kamay ko pero umatras ako at iniwas ang mga kamay ko. Narinig ko din ang mahinang pagtawa ni David at Felix na pinapanood kami.

**"Don't think it like that. Lahat naman kayo may picture sa contacts ko bago ako magpalit ng phone."** Paliwanag niya.

**"Ako wala."** singit ni David kaya tinignan siya ng masama ni Keifer.

*Bwisit!!*

Sinasabi ko na, may something-something talaga to kay Ma'am. Sabagay, hindi ko siya masisisi. Maganda si Ma'am at hubog na hubog ang katawan. Halatang matalino at maangas, para siyang action woman. Kaya din niyang sabayan ang mga istudyante kaya never ko siyang nakitang nagalit samin.

*Sino ba naman ako?*

Nakakahiya naman ang itsura ko, halatang tamad mag-ayos. Tamad magsuklay at hindi pa mapaglagay ng pulbos o lip tint. Kahit uniporme nga hindi pa maayos ang pagkakasuot. Idagdag pang matakaw ako at may bilbil. Higit sa lahat hindi halata ang talino ko, nakatago kasi. Di ba? Anong laban ko kay Ma'am Cindy na hinahangaan ng lahat.

*Oh edi tangina.*

**"Do'n ka nga."** Inis na pagtataboy ko. **"Puntahan mo si Ma'am Cindy mo."**

Padala-dala at pabigay-bigay pa ng isla ang lintik. *Sa'yo na isla mo, tukmol!* Nag-aalala pa kuwari dahil nakipagpatintero ako sa mga nagbabarilan tapos may litrato palang tinatago.

**"She's not *my* Ma'am Cindy. She belongs to Sir Alvin."**

Mumurahin ko na sana siya kundi lang bumukas ang pinto ng bahay at lumabas si Sir Alvin. Lahat kami naglakad palapit sa kaniya. Pati mga Ulupong na kanina pa nagwawala dahil sa nalaman.

**"I appreciate that the whole section came here but I'll be honest with you, I don't like the idea that my address or house is being expose to the public. Kaya kung pwede lang wag na sana to makakarating sa iba."** paliwanag niya bilang Sir Alvin na nakakaharap namin sa school.

**"Your address is safe with us."** sagot ni David at tumango naman si Sir.

**"Magaling po kaming magtago ng secret. Parang pagtatago niyo nalang sa status ni Ma'am Cindy."** sabi ni Blaster at muntik ko ng masampal ang noo ko.

Daig pa niya trinaydor sa tono niya. Baka istudyante lang siya nila Sir at feeling naman niya kabilang siya sa lovelife nila.

**"Wag po kayo mag-alala hindi kami traydor, hndi kagaya mo PO Sir."** gatong ni Drew.

*Ito pang isa.*

**"Alam mo bang ang cute mo PO Sir? Payakap naman, sa leeg."** si Eren at muntik na siya mabatukan ni Calix.

Bahagyang tumawa si Sir habang napapailing. **"Miryenda lang katapat niyan. Do'n tayo sa likod, naghanda ng miryenda si Ma'am."**

**"Hindi niyo kami madadaan sa miryenda."** sagot ni Edrix pero naglalakad na siya papasok ng bahay.

**"Anong ka-plastikan yan Rix?"** tanong ni Rory na kasunod lang niya.

Pumasok na din ang ibang Ulupong at ganon din kami. Sandali kong nilingon si Sir at napansin kong malayo ang tingin niya sa labas. Para bang sinusuri niya kung may tao ba sa malayo o ay nanonood samin. Hindi ko nalang pinansin yon dahil sabi nga niya ayaw niyang malaman sa public ang bahay nila.

*Baka may pinatataguang pinagkakautangan.*

Dumiretso silang lahat sa labas kung saan nagpunta sila Kuya Angelo kanina para mag-usap-usap. Si Eman at David dumiretso sa kusina para tulungan si Ma'am Cindy. Susunod sana ako sa kanila ng makita ko si Yuri na inaayos ang mga gamit. Nag-usap sila sandali ni Kuya pero ng makita ako agad siyang tumalikod at naglakad palabas kung nasan si Sir Alvin.

Nagkibit-balikat nalang ako sa naging aksyon niya. Nilapitan ko si Yuri para tulungan.

**"Buti may natira pa sa mga gamit mo."** sabi ko at kinuha ang isang bag sa sahig. **"tulungan na kita."**

Ngumiti siya sakin. **"Salamat. Ang totoo, naglilipat na ko kanina ng dumating sila sa bahay."** ang mga pumasok sa bahay nila ang tinutukoy niya. **"Nahihirapan din kasi ako sa location ng bahay."**

*Kaya ba wala nang laman ang kwarto niya?*

Pero sabi niya kanina, mga magnanakaw ang pumasok sa bahay nila. Baka naman naglilipat nang maisipan nilang nakawan siya kaya nasagip pa niya ang mga gamit.

**"Nasan si Red Hair Girl?"** tanong ko bago kuhanin ang ilang box at envelop sa sahig.

**"Iniwanan namin sa City. Hindi naman siya pwede dito."** iniyos niya ang hawak bago simulang maglakad papunta sa second floor ng bahay.

Sinundan ko naman siya dala ang mga hawak. **"Buti pumayag siya."**

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. **"Itanong mo nalang siguro kay Ma'am Cindy kung paano niya nagawa."**

Magtatanong pa sana ako kung bakit pero natigilan ako sa tapat ng isang kwarto. Bukas ang pinto at kitang-kita ko si Keiren na mahimbing na natutulog. Naka-pajama pa siya at puting sando habang yakap ang isang mushroom pillow.

*Kyot din pala ang batang to. Pagtulog nga lang.*

Saksakan kaya ng sungit ang batang yan. Parang siyang si Keifer no'ng bago palang ako sa section namin. Sana naman magbago ang ugali niya pagtanda niya. Malamang ko mahirapan siyang magka-girlfriend.

Bumalik ako sa pagsunod kay Yuri. Binuksan niya ang pinto ng isang kwarto at pumasok. Mabilis akong sumunod sa kanya.

**"Pakibaba nalang dito Jay. Ako nalang mag-aayos mamaya."** utos niya at ginawa ko naman.

Tinalikuran niya ko para balikan ang iba pang mga gamit na naiwan niya malapit sa sala. Habang binababa ang mga hawak ko aksidenteng nagkalaglag ang mga sobre at papel sa ibabaw ng kahon na dala ko. Lumipad ang mga laman non na mabilis ko namang dinampot.

Natigilan ako ng makita ang isang pamilyar na envelop. Kamuka nito ang pinag-aawayan ni Yuri at Freya no'ng nasa ospital kami at nanganak si Grace. Napakagat ako sa ibabang labi ko. Hindi dapat ako makialam pero ng makita ko ang mga laman no'n na nagkalat hindi ko na napigilan. Mabilis kong pinulot ang mga yon at tinignan.

Gano'n nalang ang pagtataka ko ng bumungad ang isang papel na may litrato ng isang lalaki. May marka din ng malaking bilog na kulay pula. Wala akong mabasa dahil nihonggo ang nakasulat. Hindi ko gusto ang itsura ng lalaki sa litrato. Malinaw na hindi siya mabuting tao at mukang hindi gumagawa ng mabuti sa kapwa. Napatingin ako sa bandang ibaba ng mapansin ko ang marka ng sunog.

Tinignan ko pa ang ibang papel at natigilan ako ng makita ko ang muka ni Sato na kumidnap samin dati. Kagaya kanina may marka din ng bilog na pula. Nagsisimula na kong maintriga kung para saan ang marka ng bilog. Binalik ko ang mga papel sa loob ng envelop dahil baka dumating na si Yuri. Pinatong ko ulit yon sa ibabaw ng kahon.

Sakto naman dahil biglang pasok ni Yuri sa kwarto dala ang mga natitirang gamit niya.

**"Ito na lahat, mamaya ko nalang aayusin."** sabi habang binaba ang hawak sa kama.

**"S-sige. Baba na tayo."** Aya ko at tumango naman siya.

Tumalikod siya sakin at ganon nalang ang panlalaki ng mga mata ko ng may makita akong papel sa paanan ng kama. Agad kong inalis ang tingin ko para hindi mapansin ni Yuri ang tinitignan ko. Nagpauna siyang maglakad at kasunod naman ako.

Hindi mawala sa isip ko ang papel. Malalaman ni Yuri na pinakialaman ko ang mga gamit niya. Baka isipin niyang inuunahan ko siyang magsabi sakin.

*Lagot, pakialamera.*

Napatingin ako sa kwarto kung nasan si Keiren. Agad akong nakaisip ng gagawin.

**"Yuri, mauna ka na sa baba."** sabi ko at tumigil naman siya para harapin ako. **"Sisilipin ko lang sandali si Keiren."**

Sinilip niya ang loob ng kwarto bago tumango. **"Bilisan mo lang baka maubusan ka."**

Ngumiti pa siya bago tuluyang maglakad paalis. Hinintay kong tuluyan na siyang makababa bago ako mabilis na bumalik sa kwarto. Agad kong kinuha ang papel pero natigilan ako ng makita ang litratong nakadikit.

**"K-Keifer?"** halos pabulong kong tanong.

Walang markang bilog pero may ilang english na salita kaya kitang-kita ko ang details. Buong pangalan niya, address, number at iba pang personal na detalye ni Keifer. Pero wala na kong ibang mabasa bukod don dahil balik na naman sa nihonggo.

Hindi ko maiwasang kabahan. Bakit nandito ang muka at pangalan ni Keifer? Bakit walang bilog? Kasama to ng ibang papel sa sobre, pero para saan? Gustong-gusto kong malaman ang iba pang mga nakasulat. Hindi ako mapapakali hangga't wala akong nakukuhang sagot.

*Mag-aral ka ng nihonggo.*

Masyadong matagal kung ganon ang gagawin ko. Isa lang ang naiisip kong paraan, ang ipabasa sa iba ang nakasulat. Bukod kay Yuri, si Ma'am Cindy lang ang naiisip kong pwedeng magbasa nito.

Tinupi ko ang papel at tinago sa damit ko. Patakbo akong lumabas ng kwarto at bumaba ng hagdan. Sa kusina ako unang nagpunta pero walang tao don kaya naman lumabas ako kung nasan ang iba. Hindi naman ako nagkamali dahil kasama nila si Ma'am.

**"Jay-Jay!"** Tawag sakin ni Ci. **"Miryenda na!"**

Nagpilit ako ng ngiti at pilit inalis ang kabang nararamdaman ko. **"Baka inubusan mo na ko."** kuwaring biro ko.

*Pero mukang inubusan na nga nila ko.*

**"Wala na Jay. Tagal mo kasi."** sabi ni Eman.

**"Pinuntahan mo si Keiren?"** tanong sakin ng Hari ng mga Ulupong.

Hindi ko naitago ang kaba ko habang nakatingin sa kanya. Ramdam ko ang pagtulo ng pawis ko sa muka. Sandali kong pinunasan yon at tumango bilang sagot sa tanong niya.

**"Oo, tulog na pa rin kaya hinayaan ko muna."**

Sandali niyang sinuri ang muka ko. Mukang nahalata niya ang kabang nararamdaman ko.

**"Puyat yon, naglaro ng playstation hanggang madaling araw."** sabi ni Ma'am Cindy kaya naagaw niya ang atensyon namin. **"Meron pang miryenda don, kumuha ka na para hindi ka maubusan."**

Tumango ako. **"Sige po."**

**"Samahan na kita."** Prisinta niya bago maglakad papasok sa bahay.

Magandang pagkakataon to para mapabasa ko sa kanya ang papel na tinatago ko. Tahimik ko siyang sinundan. Malalaki pa ang mga hakbang ko para lang masiguro na mabilis ko siyang mahahabol.

Pagpasok sa loob ng bahay dumiretso kami sa kusina. Hindi na ko nagpaligoy-ligoy pa, kinuha ko ang papel at mabilis na inabot sa kanya.

**"Ma'am, kailangan ko po ng tulong niyo. Pwede niyo po ba basahin to para sa 'kin?"** may halong pakiusap ang tono ko.

Napataas ang kilay niya pero kinuha pa rin ang hawak ko. Ang mataray na itsura niya ay unti-unting nawalan ng ekspresyon.

**"Saan mo to nakuha?"** may halong galit ang tono niya.

Bubuka na sana ako ang bibig ko para sumagot pero agad ko ding tinikom yon. Hindi maganda ang kutob ko sa papel. Mas lalo lang tumibay ang hinala ko dahil sa reaksyon niya. Kung masama ang nakalagay don, ipit si Yuri at Keifer. Hindi pwedeng malaman ni Ma'am at baka hindi rin niya sabihin sakin ang totoo.

**"Pwedeng sabihin niyo nalang po sa 'kin kung para saan yan?"**

Nanginginig ang kamay ko na pilit kong tinatago. Tahimik akong nagdadasal na mali ang nasa isip ko tungkol sa papel.

*Tungkol saan to Yuri?*

**"Sagutin mo muna ako."** pagpipilit niya.

**"H-Hindi ko po pwedeng basta sabihin."** pagmamatigas ko. **"Sabihin niyo nalang sakin ang laman ng papel."**

**"Hindi mo naiintindihan—."**

**"Ako po ang intindihin niyo. Kinakabahan ako dahil muka at details ni Keifer ang andyan. Kaya kailangan kong malaman kung ano ang laman niyan dahil baka kung para saan na yan."** pinigilan kong magtaas ng boses kahit gusto ko nang sumigaw.

Pinipilit kong huminahon pero alam kong bakas ang nararamdaman kong takot sa boses ko. Hindi ko makukuha ang sagot kung basta ako magpapadalos-dalos. Kailangan ko lang mapilit si Ma'am na sabihin sakin ang laman ng papel.

**"Sige sasabihin ko pero ituro mo sakin kung kanino o saan mo nakuha ang papel na to."**

Nakuyom ko ang kamao ko bago tumango bilang pagpayag sa sinabi niya. Gusto ko na talaga malaman.

Hinawakan niya ang pulsuhan ko at hinatak ako sa kitchen door na diretso palabas ng bahay.

Huminto siya hindi kalayuan sa pinto. Tumingin pa siya sa paligid bago lumapit sakin at bumulong.

**"Ito..."** patukoy niya sa papel at hinarap sa muka ko. **"...listahan ng papatayin."**

Natakpan ko ang bibig ko sa pagkagulat. Ni hindi ko nagawang magsalita.

**"Walang nakalagay kung kanino galing pero nakasaad dito na pwedeng siya ang mamili ng presyo para sa trabaho."**

Nakatulala ako. Hindi maproseso ang mga sinabi ni Ma'am. Nakalista si Keifer para patayin. Pero bakit? Sinong may gusto non? At ang mas lalong nagpagulo sa isip ko ay kung bakit na kay Yuri ang listahan.

*Yuri...*

Paano kung....hindi. Imposible. Hindi ko siya dapat pagbintangan. Magkaibigan sila ng matagal na panahon at marami na silang pinagdaanan kaya malabo ang iniisip ko. Pwede ring hindi naman talaga to para sa kaniya. Baka pinahawak o pinatago lang.

Bumalik sa isip ko si Sato at ang mga ginawa niya samin no'n. Ang sabi sa 'kin nagpakamatay na siya. Pero bakit nasa listahan din siya kagaya ni Keifer? Gulong-gulo na ko.

*Hindi ganon si Yuri.*

**"Sabihin mo na sa 'kin kung saan mo nakuha to?"** pagpipilit ni Ma'am.

Tinitigan ko si Ma'am. Hindi niya pwedeng malaman na galing 'yon kay Yuri o sa mga gamit niya. Paano kung magsumbong siya at magkagulo? Masyado na siyang maraming problema at ayokong dagdag pa. Baka mamaya mali pala talaga ako at pakikialam ko pa ang maging mitsa ng kapahamakan niya.

**"N-Napulot ko sa labas kanina... Do'n sa building n-nila Yuri."** Palusot ko pero mukang hindi niya tanggap ang sagot ko.

**"Listen here Ms. Mariano. This is a matter between life and death."** hinarap niya sa 'kin ang papel. **"Magsabi ka ng totoo para malaman natin kung sinong may balak kay Watson."**

Agad kong kinuha ang papel at nilukot yon bago itago sa bulsa ko. Tinignan niya ko ng masama at akmang aagawin ang papel pero narinig namin ang boses ni Sir Alvin.

**"Cindy? Mariano? Anong ginagawa niyo dyan sa labas?"** tanong niya samin.

**"Wala po."** Mabilis kong sagot bago pumasok paloob ng bahay.

Wala akong narinig na salita mula sa kanila pero alam kong hindi itatago ni Ma'am Cindy ang pinagusapan namin kay Sir Alvin. Kailangan kong masiguro na hindi nila malalaman kung kanino ko nakuha ang papel.

Ayokong mapahamak si Keifer pero ayoko ding mangyari yon kay Yuri.

*Paano ko sila tutulungan?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 356

**A/N:** Merry Christmas!

**Choose a friend**

***Jay-Jay's POV***

**"Ikaw na magbigay ng letter at regalo kay Freya bukas."** Pabulong na sabi ni Rory.

Dahil hindi ako nakapasok kanina hindi ko naibigay ang regalo at letter para kay Freya kagaya ng orihinal na plano at ginagawa namin.

**"Sige. Pero sino nagbigay ng para kanina?"**

**"Ako. Sama nga ng tingin sakin akala pinagt-tripan ko siya."** Paliwanag niya. **"Kaya bukas ikaw na. Baka awayin na ko no'n."**

Bahagya akong napatawa habang napapailing. Hindi kasi siya mukang katiwa-tiwala. Idagdag pang palagi din niyang pinagt-tripan si Freya kaya hindi na ko nagtaka sa naging reaksyon sa kanya.

*Ayan kasi.*

Sandali akong napatingin kay Kuya Angelo na kausap si Sir Alvin at Ma'am Cindy. Napansin ko na kanina pa sila nakatingin sa 'kin. Hindi na ko magugulat kung alam na ni Kuya ang pinag-usapan namin ni Ma'am. Kailangan ko nalang galingan para hindi ako mahuli ni Kuya. Hindi ko ilalaglag si Yuri kahit na anong mangyari.

**"Time to go home."** sabi ni Keifer habang bitbit ang gamit ng kapatid.

Nakasimangot na sumunod sa kanya si Keiren na sumulyap pa kila Ma'am bago tuluyang lumapit sa kotse ng kapatid. Halatang ayaw pa niyang umalis sa lugar na to.

*Mukang nag-enjoy siya dito.*

Kung gano'n, hindi na dapat ako mag-alala sa magiging kalagayan ni Yuri. Maaasikaso siya dito kagaya ni Keiren at hindi rin siya mawawalan ng kasama. Wag lang sanang may sumunod sa kaniya dito at pagbalakan siya.

Matapos isara ni Keifer ang pinto ng kotse lumapit siya sa 'kin.

**"We're heading home. You'll be safe right?"** tanong niya.

Tumango naman ako. **"Baka si Kuya Angelo ang kasama ko."** Pagyayabang ko.

Bahagya siyang tumawa. **"Please call me when you get home."**

Sasagot na sana ako pero naunahan ako ng mga Ulupong na pinapanood pala kami.

**"Oo Keifer, tatawagan ka namin."** sabi ni Edrix.

**"Mag-iingat kami, salamat sa pag-alala."** si Rory na nakangiti at halatang nang-aasar.

**"Nag-e-exist kami Keifer. Salamat at hindi mo kami kinakalimutan."** Sabi ni Felix at bahagyang tumawa.

**"Salamat sa lahat-lahat."** Si Ci-N at malapad na ngumiti.

Napatawa ako at napaiwas ng tingin. Bakit parang nagtatampo sila na hindi sila sinabihan ng gano'n ni Keifer? Daig pa jowang babae na nagtatampo sa jowa niyang lalaki.

*Kakaiba ang mga Ulupong, demanding.*

**"Sure. Thank you for following us here."** tunog sarcastic na sagot ni Keifer at mahinang tumasa sina Edrix.

Sandali siyang natigilan at parang merong naalala. Hinarap kagad niya ko.

**"Meron kang sinasabi kanina 'di ba? Bago sila dumating."** tanong niya at tinitigan ko siya. **"Something about what you see and then you mention panliligaw and something like—."**

Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil sa malakas na pagbusina ng kotse niya. Mukang naiinip na si Keiren sa loob ng kotse. Kamot ulo naman siyang sumenyas sa kapatid.

*Kinabahan ako.*

Hindi ko na yata magagawang ulitin ang mga sinabi ko sa kanya. Sobrang hiya at kaba ang naramdaman ko samantalang napakadali lang ng sasabihin ko. Kailangan ko yata mag-ipon ng kapal ng muka bago masabi yon.

Napabuga siya ng hangin bago ako harapin. **"We'll talk about it some other times. We need to go now."**

Tumango ako at akmang hahalikan niya ang noo ko ng biglang humarang ang palad ni Kuya sa muka ko. Halos sabay pa kaming napaatras.

**"That's not needed. Alis na."** Inis na utos niya kay Keifer.

*Grabe makataboy.*

Gusto kong mainis sa tono niya. Para siyang nagpapaalis ng tuta sa kalye.

Sandaling hinarap ni Keifer sila Sir na kasunod lang ni Kuya. Nagpaalam siya at nagpasalamat bago ulit humarap samin.

**"Jay, please call me."** bilin pa niya bago tuluyang tumalikod samin at pumunta sa kotse niya.

Sinundan ko siya ng tingin pero binawi ko din agad ng maramdaman ko ang masamang tingin ni Kuya mula sa tabi ko. Para siyang agila na binabantayan ang susunod niyang dadagitin.

*Makatingin naman.*

**"Sige, lumandi ka pa."** parinig niya sa 'kin.

**"Sa 'yo kasi walang lumalandi."** pabulong kong sagot pero mukang narinig din niya dahil sa biglaan niyang pagpitik sa tenga ko. **"Aray..."** mahinang reklamo ko.

Nakanguso ako habang nakahawak sa tenga ko. Kundi ko lang napansin ang paglapit sa 'kin ni Ci-N at David malamang umiyak na ko.

**"Uuwi na kami Jay-Jay!"** Paalam sakin ng batang kumag. **"Ingat ka at ikaw din Kuya."** paalala din nya kay Kuya Angelo.

*Ay magkapatid kayo ni Kuya?*

Tumango lang si Kuya sa kanya. Niyakap pa ko ni Ci bago maglakad paalis. Pero ang malupit don humabol pa siya ng yakap kay Kuya Angelo. Nagulat kami pero pagtawa lang ang naging sagot niya.

*Lakas din ng loob.*

**"Call us if there's another emergency and please be safe."** Sabi ni David at tinapik ako sa braso.

**"Oo, gagawin ko. Ingat kayo."** Sagot ko bago niya ko talikuran.

Pati ibang Ulupong nagpaalam na rin. Kumaway nalang ang iba kagaya ni Josh at sumabay na kina Eren sa paglalakad.

Sandali akong napaisip. Paano sila nakarating dito eh halata namang walang sasakyang dumadaan sa lugar na to? Nasagot ang tanong ko ng sumakay sila sa isang pick up track na minamaneho ni David. Nagsiksikan silang mga kumag para lang makauwi.

Kumaway pa ko bago sila tuluyang makaalis.

**"Bye! Ingat!"**

**"Mga pasaway."** Parinig ni Kuya. **"Parang ikaw."**

Napanguso ako. Meron siyang kinapa sa bulsa niya at kinuha ang isang stick ng sigarilyo pero dahil walang lighter binalik nalang niya ulit sa pinagkuhanan.

Malalim siyang napabuntong hininga. Pakiramdam ko tuloy ang laking problema na binigay ko sa kanya.

*Sorry naman.*

**"Uuwi na rin ba tayo?"** Tanong ko.

**"Oo, hinihintay ko lang si Yuri meron akong gustong itanong sa kanya."** Sagot niya at sandaling tumitig sakin kaya mabilis akong umiwas.

Sana mali ang iniisip kong pinaghihinalaan niya si Yuri. Wala akong iniwang clue kay Ma'am Cindy kaya walang dahilan para pag-isipan niya ang President ng Shunga Lovers club. Pasimple lang akong tumango.

Ilang minuto pa ang hinintay namin ng lumabas na si Yuri. Nakapagpalit na siya ng damit.

**"Nakaalis na sila?"** Tanong niya samin.

**"Oo, hindi ka na nakapagpaalam."** Sagot ko.

**"I did before going upstairs. But I forgot to thank them."**

**"Edi bukas nalang. Magkikita-kita pa naman tayo."**

Tumango siya bilang pagsang-ayon. Tinignan ko si Kuya Angelo na mukang hinihintay lang na matapos ang usapan namin. Bahagya akong umatras para bigyan sila ng space pero nakatitig pa rin siya sakin kaya napilitan akong lumayo pa.

Napatingin ako kay Ma'am Cindy at Sir Alvin na pinapanood lang kami. Lumapit ako sa kanila para panoorin din sina Yuri mag-usap.

**"Mas mabuti kung sabihin mo nalang ang totoo."** Sabi ni Ma'am sakin kaya napatingin ako sa kanya. **"Baka hindi lang si Watson ang target nila."**

**"Kung natatakot ka kay Angelo, kami na magpapaliwanag."** Dagdag ni Sir.

Alam kong tungkol sa papel na pinabasa ko kanina ang tinutukoy nila. Nahulaan ko ng kukulitin nila ako tungkol don.

*Pilitin niyo ko.*

**"T-totoo ang sinabi ko kanina. Sa harap ng building nila Yuri ko nakuha yon."** Sagot ko.

Kailangan kong panindigan ang sinagot ko sa kanya. Hindi ko pwedeng basta bitiwan ang pangalan ni Yuri. Natatakot akong magkamali at ikapahamak pa niya.

**"Tingin mo?"** Tanong ni Sir kay Ma'am.

**"Baka galing sa mga nakalaban ni Yuri kanina."** Sagot ni Ma'am.

Sandali silang nagtitigan at alam kong may laman ang mga tinginan nila. Naputol lang yon ng tawagin ni Sir si Kuya Angelo. Naiwan kami ni Ma'am at sabay silang pinanood mula sa kinatatayuan namin.

**"Hindi ako tanga Mariano. Kung talagang napulot mo yan kanina pa bago ka napunta dito, dapat kanina mo pa rin tinanong sakin."** Pabulong na sabi ni Ma'am.

Natigilan ako. Hindi ko naisip na mapapansin niya yon. Marami nga naman akong pagkakataon kanina. Pero hindi ako pwedeng magpahuli.

**"K-kasi nawalan ako pagkakataon."** Palusot ko.

Tinitigan niya ko. Sinalubong ko ang mga mata niya para lang mapanindigan ko ang sagot ko kahit alam kong mahirap paniwalaan yon. Pero walang nagsabi sa 'kin na hindi pala kumukurap si Ma'am kapag nakikipagtitigan. Halos matuyo ang mga mata ko sa kagustuhan kong sabayan siya.

Natapos lang ang pahihirap ko ng lumapit na sa 'min sila Kuya Angelo para tawagin na ako. Nagpaalam na siya at ganon din ako. Huli akong nagpaalam kay Yuri na matamis namang ngumiti sa 'kin.

*Yuri...*

Pinilit kong suklian ang ngiti niya bago ko siya talikuran. Sumukay na ko sa kotse ni Kuya at naging tahimik kami sa byahe. Muntik pa kong makatulog kung hindi lang bumusina ang mga kasabayan naming sasakyan.

Sandaling huminto ang kotse dahil sa traffic light na naka-stop. Napatitig ako sa building nila Yuri na tanaw ko mula sa bintana. Kahit malayo tanaw ko pa rin ang itim na usok galing don. Malamang na laman yon ng balita dahil nasa business district ang building at kitang-kita ng lahat.

Hindi mawala sa isip ko ang papel at kung bakit nakay Yuri yon. Paulit-ulit sa isip ko na baka may balak siya pero ayoko namang isipin na ganon nga. Magkaibigan sila ng matagal na panahon. Sa kanilang apat ang pagkakaibigan nalang nila ang natitira. Kung si Keifer hindi siya natitiis, alam kong ganon din siya.

**"Your silence starts to bother me. Let me know kung nagugutom ka, maraming drive thru dito."** sabi ni Kuya na gumising sa 'kin.

*Gising na gising.*

**"Burger lang, mga tatlo."** sagot ko at narinig ko ang mahina niyang pagtawa.

Umandar ang kotse at lumiko sa pinakamalapit na Fastfood driv thru. Mabilis siyang umorder at pumila for pick up.

Pumasok sa isip ko ang sideline ni Kuya. Paano kung may alam siya na hindi ko alam. Paano kung pareho pala sila ni Yuri. Marami akong hindi alam sa ginagawa ni Kuya, sobrang dami na kinagugulat ko nalang ang bawat nalalaman ko. Kasama na don ang pagkakaroon niya ng baril.

*Bang. Bang.*

Gusto ni Sir na sabihin ko kay Kuya ang totoo. Hindi ko alam ang totoong dahilan pero maaari kayang kaya niyang tulungan si Keifer? At kung kaya niya yon, kaya din kaya niyang tulungan si Yuri.

*Malaki ba ang tiwala ko kay Kuya para sabihin sa kanya?*

**"Kuya..."** tawag ko sa atensyon niya at hinarap naman niya ako. **"Paano kung may gustong magtangka sa buhay mo na malapit din sa 'yo."**

Kita ko ang pagsilip ng ngiti sa labi niya. **"I will personally congratulate and thank them."**

*Bakit ang yabang?*

Hindi ko maintindihan ang sinabi niya. Bakit naman niya babatiin ng congratulation at pasasalamatan pa, eh pagtatangkaan na nga siya? Parang naghahamon pa siya sa balak niya.

**"Eh? Baka pagtatangkaan ka na nga, babatiin mo pa?"**

Mayabang siyang ngumiti sa 'kin. **"Dahil pinili nilang mamatay sa mga kamay ko."**

Oo nga naman. Sino nga naman ang magtatangka sa kanya? Tingin palang nakakatakot na, paano pa kaya kung harapin na siya. Kaya pala ang yabang ng dating.

*Kuya Angelo yarn.*

Kinuha na niya ang order namin at inabot sa 'kin ang mga yon. Softdrinks lang ang sa kanya dahil mukang busog pa siya. Ako lang ang nagpakasaya sa burger, fries at ice cream. Baka hindi ko maubos to dahil kakakain lang namin kila Ma'am Cindy. Pero syempre uubusin ko, sayang eh.

Nakarating kami sa bahay at sakto namang dating din ni Aries gamit ang bago niyang kotse na masarap gasgasan parang muka niya. Pagbaba ko dumiretso kagad ako sa loob at pumasok sa kwarto. Dala ko pa ang mga natitirang pagkain na binili sa 'kin ni Kuya.

**"Saan ka galing Angelo? Akala ko babalik ka pagkahatid kay Jay-Jay."** dinig kong tanong ni Tita.

Hindi ko na narinig ang sagot niya dahil sa pagsara ko ng pinto. Inubos ko muna ang pagkaing hawak ko. Matapos yon, nilabas ko na ang tinago kong lukot ng papel. Inunat ko pa yon sa ibabaw ng study table ko.

Malalim akong napabuntong hininga. Nasa kamay ko ang patunay na merong gustong magtangka sa buhay ni Keifer at ang masakit galing to sa bestfriend niya. Napaupo ako sa kama dahil sa panlalambot. Hindi ko alam ang gagawin ko. Gusto kong kausapin si Yuri tungkol dito pero paano kung hindi na naman siya magsabi sakin ng totoo.

*Nahihirapan ako.*

Hindi ako makahingi ng tulong sa iba dahil alam kong lalaki ang usap at baka malaking pagkakamali lang to. Si Yuri ang madidiin kapag nangyari yon. Hirap na hirap na siya ayokong dagdagan pa.

Pwede kong sabihin kay Keifer ang bagay na to pero paano kung iba rin ang isipin niya. Baka magalit din siya sa kaibigan at pagsimulan ng gulo sa pagitan nila. Isa lang ang nakikita kong sulusyon sa ngayon, ang bantayan si Yuri at maghintay ng pagkakataon para mapaamin siya.

Kinuha ko ang cellphone ko sa bag at nagpadala ng message kay Yuri. Kinamusta ko siya at sinabi na ring nakauwi na ko. Sandali akong napatitig sa inbox ng mapansin ko ang message ni Keifer. Meron pang heart emoji at smiling face.

Lalo akong nanlambot ng maalala ko ang mga ngiti niya sa 'kin. Ang mga pang-aasar niya at pagiging malandi — malambing pala. Ang kakulitan at mga pag-aaway namin. Lahat ng mga nangyaring gulo sa pagitan namin. Kusa nalang akong napaiyak sa mga naisip ko. Ang mababaw na luha ay nauwi sa hagulgol ng maisip kong mawawala siya sa 'kin.

Narinig ko ang pagkatok sa pinto at pagbukas no'n.

**"Jay, pwede ba tayong — what's wrong?"** bungad ni Aries ng makita niya ko.

Sinara niya ang pinto at nilapitan ako.

**"Si Keifer! Aries! Mawawala siya sa 'kin!"**

Mabilis niya kong niyakap. **"Mawawala? Aalis siya? Iiwan ka niya?"**

**"Hindi! May gustong pumatay sa kanya!"** napahikbi ako. **"Natatakot ako Aries!"** sumbong ko at humagulgol ng iyak habang nakayakap din sa kanya.

**"H-hindi... tahan na. Hindi mangyayari yon. Kilala mo naman yon 'di ba?"**

**"Natatakot pa rin ako! Mahal ko yun eh! Ayokong mawala siya sa 'kin!"**

Mahigpit siyang yumakap sa 'kin. Hinimas-himas din niya ang likod ko. Mas lalo nga lang lumakas ang pag-iyak ko.

**"Sshh... Hindi papayag yon na mawala ng basta-basta. Hindi yon papalamang o papatalo."** pagpapakalma niya sa 'kin. **"Kaya hindi ka**

**dapat nag-iisip ng ganyan, kasi para mo na ring sinabi na wala kang tiwala sa kakayahan niya."**

**"Pero paano ako hindi matatakot? Buhay na pinag-uusapan natin dito."**

Bumitaw siya mula sa pagkakayakap. Pinunasan kagad niya ang muka ko ng makita ang luha at sipon ko.

**"Iisip yon ng plano. Hindi yon papayag na mawala siya sayo. Kaya tumahan ka na at ang pangit mo umiyak."**

Bahagya ko siyang hinampas na kinatawa niya. Napakagaling talaga niya mag-predict ng kapalaran ng isang tao. Hinulaan kagad niya ang gagawin ni Keifer sa mga ganitong sitwasyon.

*Yes, horoscope of the day.*

Pinilit kong tumahan at pinunasan ang muka ko. Totoo naman ang sinabi niya. Hindi papatalo ang isang yon at hindi papayag na mawala nalang siya ng ganon-ganon na lamang.

**"Saan mo naman nakuha ang idea na may gustong pumatay sa kanya?"** tanong niya.

Tinitigan ko siya at inisip na mabuti kung dapat ko ba siyang pagkatiwalaan. Ang dami niyang secret sa 'kin. Marami siyang hindi sinabi kaya mahirap magtiwala. Pero on the bright side, magaling siya magtago ng sikreto.

*Sobrang galing.*

Kinuha ko ang papel sa lamesa at inabot sa kanya. Nagtaka siya sa mga nakalagay sa salitang hapon. Pero malinaw sa kanyang si Keifer ang nasa papel dahil sa pangalan at litrato.

**"Listahan daw yang ng ipapapatay."** sabi ko at akmang iiyak na naman pero natigilan ako sa sinabi nya.

**"Symbol ng Hanamitchi to ah."** sabi niya habang nakatitig sa dulong bahagi ng papel.

Agad kong inagaw ang papel at tinignan din. Malabo ang simbulo pero kulay pula. Parang letter 'A' pero wala ang guhit sa gitna o mas muka tong drawing ng dalawang guhit na hugis bundok. Pero hindi lang basta guhit. Dalawang espada yon at nasa loob ng isang bilog.

**"Hindi ganito 'yon. Nakita ko na yung symbol nila sa bahay nila."**

**"Sa kanila yan, alam ko ibig sabihin niyan '*Ha*' which is first syllable ng last name nila. Pero alam kong ibang members lang ng family nila gumagamit niyan."** paliwanag niya.

**"Bakit naman mapupunta dito - ?"** Napahinto ako ng mapansin kong naiintindihan na niya ang sitwasyon.

Agad niyang inagaw sa 'kin ang papel at akmang tatakbo palabas ng kwarto ko pero hinarangan ko na kagad siya.

**"Jay! You're about to involve yourself into another trouble!"** sermon niya sa 'kin.

**"Hindi mo naiintindihan!"**

**"Galing to sa pamilya ni Yuri! Wala ka ng kinalaman don!"** may halong pagsusumamo ang tono niya.

**"Pero si Keifer yan."** pakiusap ko.

**"Sinabi ko na, kaya ni Keifer ang sarili niya. Please don't involve yourself."**

Napaupo ako sa sahig dahil sa inis at panlalambot. Bakit ba hindi niya maintindihan? Buhay ng taong mahalaga sa 'kin ang nakasaalang-alang dito. Pati na rin ang pangalan ni Yuri na baka ikapahamak din niya. At alam kong gagawin din niya ang ginagawa ko kapag may nangyari kay Ella.

*Baka mas malala pa gawin niya.*

Naupo din siya sa sahig at hinarap akong pilit sa kanya. **"Hayaan mo na to kila Kuya. Magagawan nila to ng paraan."**

**"Paano si Yuri? Mapapahamak din siya. Dalawang tao nakasalalay dito. Please..."** pakiusap ko at inahawakan ang isang kamay niya.

Tinitigan niya ko dahilan para mas makiusap pa ko sa kanya. Hindi ko alam kung anong naglalaro sa isip niya pero sana naman pakinggan niya ko.

Malalim siyang napabuntong hininga bago ibalik sa 'kin ang papel. **"I will leave it to you but it would be best if you tell this to Kuya."**

Agad kong kinuha ang papel sa kamay niya. Inunat-unat ko pa yon bago harapin ulit si Aries.

**"Please, wala kang sasabihin kay Kuya Angelo."** pakiusap ko.

Napabuntong hininga siya. **"I can't promise. But you need to do it as soon as possible."**

Tumango ako. **"Susubukan kong sabihin kay Kuya Angelo."**

Tinignan niya ko na parang awang-awa siya sa 'kin. Mabilis kong inayos ang sarili ko dahil ayokong isipin niyang pinababayaan ko ang sarili ko dahil lang sa pag-aalala.

*Maganda pa rin naman ako. Daw.*

**"Please Jay. Listen to me. Hayaan mong sila Kuya ang umayos nito."** pakiusap niya at hinatak ako para yakapin. **"Ilang beses ka pa ba**

**mapapahamak para lang tumigil ka?"**

**"Hindi ko alam. Pero hindi ako titigil para sa mga taong mahalaga sa 'kin."**

Bahagya siyang tumawa. **"Of course. Hindi ka si Jay-Jay kundi matigas ang ulo mo."**

**"Hindi ka si Aries kundi ka nag-predict ng future."**

Malakas siyang napatawa. **"Wag ka na magalit sa 'kin."**

Sinukton ko siya sa tagiliran. Malakas siyang panadaing pero nakayakap pa rin siya sa 'kin.

**"Hindi ka naman nag-sorry tapos hindi ka pa bumabawi."**

Huminga siya malalim at humiwalay ng yakap sa 'kin. **"Okay. I am really sorry for hiding it from you. Hindi ko na sasabihin ang dahilan because it's useless but I want you to know na gusto kong bumawi."**

Nagliwanag ang muka ko. **"Paano?"**

**"I will convince your mother to allow you to meet our Dad."**

**"Unang-una, Nanay natin at ikalawa Tatay ko lang."** pagtatama ko pero nagkibit-balikat lang siya.

Gusto ko ang gagawin niyang pagbawi. Tutulungan niya ko.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 357

**A/N:**

**Convincing**

***Jay-Jay's POV***

Abala kami ni Aries sa pagku-kwentuhan. Nakaupo kami sa sahig ng kwarto niya habang kumakain ng mga *chutchirya* at mga candy. Meron ding kasamang softdrinks. Ito ang midnight snacks.

*Ganito ang bonding.*

Dito kami tumambay dahil makakagalitan kami ni Kuya kapag nakita niya kami sa kusina. Nasa kwarto ko naman si Mama at natutulog. Iniwanan ko siya habang mahimbing ang tulog niya. Sigurado akong sasali lang samin 'yon kapag nalaman na magkasama kami ng kapatid ko. Hindi naman sa ayaw ko siya isali, pero ayoko talaga. Mag-aaway lang kasi sila ni Aries.

**"Kung may mga baril pala ang kalaban niya bakit sumugod pa kayo d'on?"** tanong niya sa 'kin tinutukoy ang ginawa namin ni Kuyang pagsugod sa bahay ni Yuri.

**"Syempre nag-aalala ako tapos nag-drive din naman si Kuya papunta d'on."** sagot ko at bigla ko naalala ang baril niya. **"Alam mo bang may sideline si Kuya?"** tanong ko bago uminom ng sprite sa in can na hawak ko.

**"Sideline?"** pag-uulit niya.

*Hindi, frontline.*

**"Meron siyang baril."** sabi ko sa kaparehong tono kung paano magkwento ang mga tsismosa sa kanto.

**"Meron nga."** sagot niya na parang alam na alam niya. **"Sinasama pa nga niya ko sa isang shooting range para turuan."**

Napatingin ako sa kanya na para bang dinaya ako. Alam niya at sinasama pa siya para turuan.

**"Bakit? Para saan ba 'yon?"**

**"Sabi niya hobby lang. Pati Teacher niyo nakikita ko d'on."**

Bahagya akong natigilan. **"Si Sir Alvin?"**

Tumango siya bago kumuha ng gummy worm at kainin 'yon.

Parang wala sa itsura ni Sir na hahawak ng baril. Idagdag pang siya ang tipo ng tao na makikiusap na ayusin ang gulo kesa manutok ng baril. Baka double hanger ni Sir yon - ay wala nga pala siya n'on. Baka nag-try lang para maiba naman.

Paano pala kung d'on niya nilalabas stress niya sa 'min? Iniisip niya mga muka namin sa target. Kaya pala ang hinahon niya sa klase kasi d'on siya naglalabas ng galit sa 'min.

*Patay na.*

**"Gusto ko ding subukan 'yon. Next time sama niyo ko."**

Napangiwi siya. **"Wag nga. Baka kami ang gawin mong target."**

Nginusuan ko siya. Hindi naman ganon katindi ang galit ko sa kanila para tutukan ko sila ng baril. Bet ko silang sampalin ni Kuya pero hindi naman ako aabot sa ganon.

*Grabe mag-isip.*

Baka unahan pa ko ni Kuyang barilin bago pa ko makakasa ng bala.

Nagbukas pa ko ng pack ng gummy candies at binuhos sa clear bowl na nasa harap namin. Napatigil ako ng picturan ni Aries 'yon at nagtype sa cellphone niya. Taka ko siyang tinignan na napansin agad niya.

**"Sinend ko kay Ella. Gising pa kasi siya."** sabi niya at sinagot ko naman.

**"Paki ko."**

Mabilis siyang sumibangot at inirapan ako bago bumalik sa pagt-type. Ganyan 'yan, basta usapang jowa lagi akong sinusungitan. Akala mo naman ginto ang ganda ng babae niya.

*Wag kayong maghiwalay sana.*

**"Humaling na humaling ka d'yan sa jowa mo 'no?"** sarcastic na tanong ko inirapan na naman ako.

**"As I should. Alangan namang sa ibang babae ako mahumaling while I'm with her."** sagot niya sa 'kin.

**"Edi ikaw na loyal."**

**"Yung sayo kasi hindi."** sagot niya na kinagulat ko. **"Hula ko ilang taon lang magkakababae na 'yang bago."**

Dinuro ko siya. **"Ha! Buti nalang '*hula mo*' lang. Ibig sabihin hindi magkakatotoo. Kaya nga hula eh."**

**"Pwede ring totoo. Parang sagot mo lang sa mga exams mo kapag hinuhulaan mo."**

**"Bakit yang Ella mo ba loyal sa 'yo?"** inis na tanong ko at napatitig siya sa 'kin na para bang sinasabi niya na alam ko na ang sagot.

**"Hindi niya kailangang maging loyal. Basta uuwi siya sa 'kin."**

Napangiwi ako. **"Anong katangahan 'yan?"** Parang gusto ko siyang sampalin para mahimasmasan siya sa pag-ibig niya.

**"Look. She made a mistake pero okay na kami ngayon."**

**"Ay ang rupok."** sabi ko at inabot niya ko para kurutin pero hinampas ko ang kamay niya.

*Magkapatid nga talaga tayo.*

Binalikan niya ang cellphone para mag-type ng message. Naisipan ko din ang sa akin at magpadala ng message kung kani-kanino. Para kuwari meron din akong kausap. Kaso mukang tulog na si Keifer at ibang Ulupong. Isa lang ang nagreply sa kanila.

*Percy...*

**From:** *Percing...*

**Message:** *Why are you still awake? Not good for your health.*

Napanguso ako. Siya rin naman gising pa kaya. Dapat nga siya ang matulog na dahil hindi maganda para sa kalusugan niya.

Nireplyan ko pa rin siya.

**To:** *Percing...*

**Message:** *Midnight snack.*

Sagot ko at pinadala ang litrato ng kinakain namin. Nahagip nga lang sa picture ang hita ni Aries na mabilis na napuna ni Percy.

**From:** *Percing...*

**Message:** *Si Aries ba 'yan? Kung magkasama kayo edi hindi ka na galit sa kanya? Nice!*

Sasagutin ko na sana ang tanong niya ng may panibagong message ang dumating galing sa kanya.

**From:** *Percing...*

**Message:** *Did he inform you about his plan to convince your Mom?*

*Anong plano? At bakit alam niya yon?*

Hinarap ko ang kapatid kong umiinom ng coke sa in can na hawak niya. Nakatingin pa rin siya sa cellphone habang ginagawa yon. Ayaw talaga mahiwalay ang paningin sa jowa.

**"Nakausap mo ba si Percy?"** tanong ko at tinigil niya ang pag-inom para sumagot.

Bahagya pa siyang umubo. **"Oo, kanina nagkita kami."**

Napa-'o' ang bibig ko. Akala ko malaki ang galit niya sa bagyong 'yon. Hindi ko maisip na pupuntahan niya ang stepbrother ko. O baka naman pinuntahan niya para awayin pero mukang hindi naman ganon ang nangyari dahil maayos makipag-usap si Percy.

*Oo, maayos siya ng lagay na yan.*

**"Bakit?"** tanong ko habang naniningkit ang mga mata sa kanya.

Bahagya siyang umubo. **"To talk about my plan, para makita mo na si Papa. Gusto ko bumawi."**

Gusto kong hawakan ang puso ko. Kinikilig ako sa sinabi. Gusto niya bumawi sa kalokohan niya kaya nagbuo siya ng plano. Pero parang hindi ko pa rin matanggap ang '*si Papa'* niya.

Pero okay lang siguro 'yon. Sa kanya na rin nanggaling na itinuring siyang anak ni Papa. Hindi naman siguro masama kung iisang Tatay nalang ang kikilalanin namin ni Aries.

Sandali akong natigilan. Nasan na kaya ang tunay na Tatay niya? Gusto ko sana itanong kaso baka hindi siya matuwa. Isipin niya ipinatutulakan ko siya sa totoo niyang Papa.

*Next time nalang.*

**"Gusto ko yang pagbawi mo na yan."** Sabi ko habang pinapaikot ang gummy worm sa ere bago isubo.

**"Bago 'yon, mahigpit ko lang na paalala sa'yo na wag kang kikilos ng hindi nag-iisip."** Bilin niya at tumango naman ako.

**"Ano ba ang plano?"**

**"Kailangan muna natin mapalamig ang ulo ng Nanay mo. Dapat mabawasan ang galit niya at mahabag sa paghihirap mo sa hindi niyo pagkikita."** Panimula niya. **"Kapag naawa na siya kukumbinsihin na natin siyang payagan ka."**

Magandang ideya. Nitong mga nakaraan napatunayan kong mainit pa rin ang dugo niya kay Papa. Masyadong malaki ang galit niya pero handa akong sumugal para lang makumbinsi siya.

**"Kung hindi natin mapapahupa ang galit niya kay Papa at least mabuksan natin ang isip niya na hayaan na kayong magkita."** Dagdag pa niya.

**"Kayalang paano? Eh lagi nga kami nag-aaway tuwing magsasabi ako tungkol sa pagkikita namin ni Papa."**

Sandali siyang tumahimik bago uminom sa in can. Mukang malalim ang konsentrasyon niya. Iba talaga kapat horoscope ang nag-isip. Kumuha muna ako ng *chutchirya* at nilantakan yon habang pinapanood siya.

**"Don't say it directly to her. Umisip ka ng ibang pwedeng sabihin sa kanya na mag-open ng topic na 'yon."** Solusyon niya.

*Wow. Smart naman.*

Nainggit ang katangahan ko sa bilis niyang mag-isip ng solusyon. Sana nakakuha man lang ako kahit kapirasong talino niya. Magkapatid naman kami pero bakit parang siya lang ang sumalo ng utak.

*Madaya.*

Tumango-tango ako bilang pagsang-ayon. Kuwari matalino din ako at kayang umisip ng gagawin. Pero malamang ko mauwi na naman kami sa away ng Nanay ko. Pareho pa naman kaming matigas ang ulo.

*Saan pa nga ba magmamana?*

Sandali akong napaisip. Ano kayang ugali ni Papa? Meron kaya akong namana sa kanya? Engineer siya, siguro matalino siya. Sa muka kaunti lang siguro dahil marami nagsasabi na kamuka ko si Mama.

Sabi ng mga kapitbahay naming tsismosa sa Probinsya, maganda daw si Mama nung bata pa lang. Iba ang kutis kumpara sa mga kapatid kaya alam agad nila na hindi siya anak ni Lola. Ligawin din daw siya kahit sira-sira ang damit habang naglalaro sa kalye.

Lagi din siyang inaaya sa mga barangay beauty pageant kaso hindi pinapayagan ni Lolo. Meron pa daw nag-alok na mag-artista siya pero hindi nila sure. Kasi nga tsismis.

Ang kaso saksakan daw ng sura ang ugali ng Nanay ko. Matabil ang dila at kung sino-sino ang inaaway kahit mas matanda sa kaniya. Basta umandar ang kasungitan niya lahat napapalayo sa kanya.

*Hindi na nakakagulat yon.*

Kung nagmana nga ako sa kanya, sana yung kagandahan nalang. Kaso palpak ang dugo namin yung pagiging matabil ang nasalo ko sa lahat ng katangian niya. Kaya yata marami nag-aalok sa'kin, nag-aalok ng suntukan.

Sana talaga may mamana akong maganda mula kay Papa. Nakakaiyak naman kung lahat galing kay Mama.

Napatingin ako kay Aries. Nakaharap na niya si Papa. Malamang ko may napansin na siyang pagkakapareho naming mag-ama.

**"Aries... Anong klaseng tao si Papa?"** Tanong ko na mabilis naman niyang sinagot.

**"A down to earth person. He enjoy little things parang ikaw. Hindi rin siya magastos sa sarili. Strict siya pagdating sa trabaho at pinag-**

**uutos pero in a good way."**

Hindi ako strict. Down to earth ako, hampas-lupa ako eh. Nag-eenjoy naman ako sa maliliit na bagay, nag-enjoy naman ako kasama si Ci-N.

*Yan may pagkakapareho na.*

**"Minsan matigas ang ulo. Napansin ko din na kapag may ginusto siya dapat makukuha niya."** Tumingin siya sa'kin. **"Ikaw na ikaw."**

Ngingiti sana ako dahil panibagong pagkakapareho namin pero napangiwi ako. Bakit naman yung pagiging matigas ang ulo pa at gustong makuha palagi ang gusto? Hindi naman ako ganon — *medyo lang.*

**"Ganon ba ko? Alam ko matigas ang ulo ko pero hindi ko naman lagi na pinipilit ang gusto ko."**

**"And that's exactly why you're hard headed. Dahil pinipilit mong magawa ang gusto mo."** Inis na paliwanag niya. **"Gusto mo ng example?"**

Napanguso ako bago umiling. Oo na, payag na matigas ang ulo at nakukuha ang gusto. At least pareho kami ni Papa.

*Hindi ako nag-iisa.*

**"Sa appearance namin, ano pagkakapareho?"** Tanong ko ulit.

Sandali siyang nag-isip na parang inaalala ang muka ni Papa.

**"Sa mata siguro. Mas kamuka mo kasi ang Nanay mo."**

**"Natin."** Pagtatama ko. **"Papa ang tawag mo sa hindi mo Tatay pero hindi mo matawag na Mama ang Nanay natin."**

**"Nagpaka-Nanay ba siya?"** Seryosong tanong niya. **"Buti pa nga ang Tatay mo naramdaman kong Ama kahit hindi ko kadugo."**

Napatitig ako sa kaniya. Malalim talaga ang sama ng loob niya kay Mama. Kahit naman ako ganon din pero hindi ko naman itatanggi na hinahanap ko pa rin siya. Galit ako sa kanya pero ramdam kong kailangan ko pa rin siya at gusto ko rin siyang makasama.

*Gusto ko ring maramdamang may Nanay ako.*

**"Hindi mo din ba siya hinahanap? Yung pakiramdam na makasama mo yung tunay mong Nanay?"**

Umiling siya. **"Si Mama Gema na ang gumawa non para sa kanya."**

*At si Lola naman ang gumawa non sa 'kin.*

**"Kahit minsan?"**

Tumahimik siya.

**"Kahit sandali?"**

Pangungulit ko.

**"Kahit isang saglit?"**

Tinignan niya ko na para bang pinag-iisipan niya kung sasabihin niya ang totoo.

**"Kahit isang segundo?"**

Napabuntong hininga siya. Pinaningkitan ko siya ng mga mata.

**"Kahit ganito?"** Tinaas ko ang dalawang daliri at kuwaring sumilip sa maliit na pagitan non.

*Konti lang.*

Umiwas siya ng tingin bago sandaling tumango. Malakas naman akong napatawa habang dinuduro siya sa muka.

**"Umamin din!"** Pang-aasar ko.

Agad niya ko inirapan.

**"Ikaw ba napatawad mo na yang Nanay mo?"** Ako naman ang tinanong niya.

Umiling ako. **"Hindi ko masabi. Alam kong may galit pa rin ako sa kaniya pero ewan ko. Tapos inaabangan kong bumawi siya satin."**

**"Makakabawi ba yan? Kung ano-ano inuuna."** Inis na sabi niya.

Totoo naman. Marami siyang pagkakataon pero inuuna niyang maghanap ng asawa na ihaharap samin. Kaso iniwan din siya bandang huli dahil natakot sa mga ginagawa ni Papa.

Pero bakit naman sila paghihiwalayin ni Papa ng ganon?

**"Tingin mo... Si Papa gustong makipagbalikan kay Mama?"**

Bigla nalang siyang tumawa ng malakas. Napaubo pa siya dahil sa pagkakasamid.

*Tuwang-tuwa ang lintik.*

**"I don't know and I don't wanna know."** Sagot niya sa'kin kaya napangiwi ako.

Ano namang masama kung magkabalikan sila? Marami akong naririnig na kwento kung saan nagkakabalikan ang dating mag-asawa. Minsan mas nagiging malalim pa ang pagsasama.

*Hindi naman siguro masamang umasa.*

**"Ubusin na nga natin to at matulog na."** Sabi ko at nilantakan ang mga natitirang *chutchirya.*

Ganoon din ang ginawa niya. Pati in can na hawak inubos din ang laman. Nang maubos na lahat nagtulong din kaming linisin ang kalat. Sabay naming dinala ang mga basura at ginamit na clear bowl.

Matapos maglinis, bumalik na kami sa mga kwarto namin. Dumiretso ako sa banyo at naglinis sandali.

Matapos ang mga ginawa ko humiga na agad ako sa kama. Sandali kong sinilip si Mama na mukang mahimbing na ang tulog.

**"Kumusta?"** Tanong niya at nagpabalikwas sa'kin sa pagkagulat.

*Akala ko tulog.*

**"Ginulat mo ko."** Sabi ko habang nakahawak pa sa dibdib ko.

**"Saya ng kwentuhan niyo ang lakas ng pagtawa niyo."** Umayos siya ng higa para maharap ako. **"Pati si Angelo naistorbo niyo."**

Nanlaki ang mga mata ko. Muntik na pala kaming malintikan. Pero bakit hindi man lang niya kami pinasok sa kwarto para kagalitan?

**"Paano mo nalaman?"**

**"Nakasalubong ko siya bago ako pumunta ng kusina."**

*Narinig kaya niya ang pinag-uusapan namin?*

**"Ganon kalakas ang boses namin?"**

Umiling siya. **"Yung pagtawa niyo lang."**

Bahagya akong nakahinga. Akala ko nalaman na niya ang plano namin.

**"Matulog ka na. May pasok ka pa."** Utos niya at pumikit naman siya para matulog.

**"Okay..."** Sagot ko.

Sinubukan kong pumikit at kumuha ng tamang pwesto para matulog. Nakailang ikot na kaya ako sa higaan hindi pa rin ako makatulog.

Nilagyan ko na din ng unan ang paanan ko pero wala pa rin. Dumapa, tumihaya at tumagilid na rin ako pero wala pa rin. Dapat yata hindi ako ng softdrinks o kumain ng candy. Hyper na hyper pa rin ang utak ko.

*Paano ako makakatulog nito?*

**"Bakit ba ang likot-likot mo?"** Inis na tanong ni Mama halatang inaantok pa dahil sa boses.

**"Hindi ako makatulog."** Napanguso ako.

Hinarap ko siya at kita ko ang pilit niyang pagdilat para silipin ako.

**"Magbilang ka tupa."**

**"Kwetuhan na lang tayo."** Pag-aaya ko pero agad niya kong tinalikuran.

**"Inaantok na ko. Wag mo ko idamay kung hindi ka makatulog."**

Nakaramdam ako ng inis sa kaniya. Kasalanan ko bang hindi ako makatulog.

Bahagya ko siyang tinulak. **"Bakit ba dito ka na naman matutulog? Do'n ka na nga."** Inis na sabi ko.

Hindi niya ko hinarap. **"Tatamaan ka sa'kin."**

**"Dami-daming kwarto ng bahay tapos dito ka nagsusumiksik."** Dagdag ko pa bago siya bahagyang itulak ulit. **"Lipat ka na nga."**

Sinubukan niyang hampasin ang kamay ko pero hindi umabot kaya inulit-ulit ko pa ang pagtulak.

**"Jay!"** Sita niya sa'kin. **"Magpatulog ka. Wag mo kong dinadamay dyan sa pagpupuyat mo."**

Hindi ko siya pinansin at tinuloy lang ang ginagawa. Hindi ko maiwasang mapangiti dahil ramdam ko na ang inis niya na pilit pinipigilan.

*Mawala sana antok mo.*

**"Alis ka na. Lipat ka na kwarto."** Sabi ko at bigla niya kong hinarap.

Akala ko magagalit siya sa'kin pero bigla niya kong niyakap ng mahigpit habang nakaipit ang dalawang braso at kamay ko sa dibdib.

**"Tignan ko kung makagalaw ka pa."** Sabi niya at pumikit ulit.

Hindi ako gumalaw at naghintay na makatulog siya para mapakawalan ko ang sarili ko. Naging tahimik siya at malalim na ang paghinga. Nagbilang pa ko ng ilang minuto bago subukang kumawala pero nabigo ako dahil ginawa na niya kong dantayan.

**"Hoy..."** bulong ko. **"Mama, tulog ka na ba?"**

Wala akong nakuhang sagot.

**"Hoy... Mama."** bulong ko ulit.

Narinig ko ang mahina niyang pagdaing. Hindi pa rin ako makatulog kaya naman naisipan ko nalang siyang kausapin kahit tulog.

*Hehe... Mapanaginipan mo sana.*

**"Mama..."** bulong ko sa mismong muka niya. **"Pengeng pera."**

Meron akong narinig na mahinang sagot pero hindi malinaw. Pero kahit ganon hindi ko maiwasang mapatawa.

**"Mama... Ang ganda ko no? Mas maganda sa 'yo. Mainggit ka."**

**"S-Sige."** mahinang sagot niya at mahina akong napahagikgik.

**"Ma... Magkaka-boyfriend na ko. Keifer ang pangalan."**

**"Mmhh..."**

Napangiti ako ng malapad. Kung pwede lang akong tumawa ng malakas kanina ko pa ginawa. Sayang, sana pwede kong i-record para mapapanood ko sa kanya. Kaso ipit ang mga braso ko kaya hindi ko alam kung paano.

Meron akong biglang naisip na ideya. At alam kong pwede kong magamit sa kanya.

*Yes, ang talino ko.*

Pilit kong pinakawalan ang isang braso ko para maabot ang cellphone ko na nasa ilalim lang ng unan. Agad kong binuksan ang cam para i-video siya.

**"Ma... mahal mo ba kami ni Aries?"** pabulong kong tanong.

**"Oo."** sagot naman niya.

**"E' si Papa? Mahal mo?"**

Nangunot ang noo niya pero wala akong nakuhang sagot.

**"Makikipagbalikan daw sa'yo si Papa."** sabi ko at mas lalong nangunot ang noo niya. **"Labs ka pa rin daw niya."**

Gusto kong tumawa dahil parang nangunsomi siya bigla sa sinabi ko. Sumibangot siya kasunod ng pagsasalubong ng kilay.

*Hanggang panaginip may galit.*

**"Hindi daw siya titigil hangga't hindi kayo nagkakaayos. Payag ka no'n?"**

**"Hindi."** maikling sagot niya.

**"Titigil lang daw siya kapag pumayag kang magkita kami. Ayos lang sa'yo 'yon?"**

**"Oo."**

Muntik na kong sumigaw ng malakas. Agad kong pinatay ang video at tinago ang phone ko. Meron na kong magagamit sa kanya kapag pumalya ang plano namin ni Aries. Kinikilig ako sa ideya na mapapasuko ko si Mama.

Napakagat ako sa labi habang nakatingin kay Mama. Kailangan ko lang pala siyang patulugin para mapapayag. Sana noon ko pa ginawa edi sana hindi na ko nahihirapan ng ganito.

**"A-Ang..."** dinig kong sabi niya. **"Papa mo...Papatayin."**

Nawala ang ngiti ko at napalitan ng pangamba. Sinong papatayin ni Papa?

**"Papatayin... anak... natin."**

*Sinong tinutukoy niya?*

Bigla ko naalala ang sinabi sa'kin ni Percy tungkol sa Lolo ko. Buong akala ko ang Papa ko ang tinutukoy niya pero parang Tatay ng Papa ko ang binanggit niya.

Gusto kong gisingin si Mama para tanungin siya tungkol sa huli niyang sinabi pero naisip ko naman na hindi rin siya magsasalita kapag gising siya.

Muli na naman siyang gumawa ng ungol at dahan-dahang nagsalita.

**"Ang mga anak natin... makukulit."** sabi niya at unti-unting ngumiti ang mga labi.

Hindi ko alam kung bakit pero kusang bumagsak ang isang luha ko habang pinapanood ang Nanay ko na para bang may connection pa rin siya sa dating asawa.

*Sa Papa ko.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 358

**Ares**

***Jay-Jay's POV***

Nakatitig ako kay Mama habang kumakain. Pati siya nakatingin sa'kin na para bang takang-taka sa ginagawa ko.

Nilagyan niya ng bacon ang plato ko. **"Sabog ka ba? Bakit ganyan ka makatingin sa'kin?"**

Umiling ako. **"Hindi."**

**"Kumain ka na. Kung ano-anong ginagawa mo dyan."**

Ginawa ko ang sinabi niya pero hindi ko pa rin inaalis ang tingin ko sa kanya. Pinili nalang niyang wag akong pansinin. Akmang lalagyan niya ng ulam ang plato ni Aries pero natigilan siya ng ilayo ng kapatid ko ang pinagkakainan.

Napatingin kami halos lahat sa kanya. Ramdam ko ang pagtitig sa kanya ni Kuya Angelo. Wala namang paki ang Nanay ko at nilagay nalang sa plato ko ang dapat na sa kapatid.

*Nice. More ulam.*

**"Aries."** May halong pagbabanta sa boses ni Kuya Angelo.

Tumayo ang kapatid ko. **"Tapos na ko kumain."** sabi niya at lumakad paalis.

Sinundan ko lang siya ng tingin habang patuloy sa pagnguya sa kinakain ko.

**"Bilisan mo sa pagkain Jay. Sumabay ka kay Aries papasok."** utos ni Kuya kaya napatingin ako sa kanya habang may subo pang bacon.

Nilunok kong mabuti ang kinakain ko bago sumagot sa kanya. **"Hindi mo na ko hahatid?"**

Tinaasan niya ko ng kilay na para bang pinapaalala niya sa 'kin ang nangyari kahapon sa bahay nila Yuri. Napakamot lang ako sa batok bago napanguso sa kanya.

*Sabi ko nga, baka mapalaban na naman siya.*

Binilisan ko ang pagkain para makasunod na sa kapatid ko. Malamang na sisigawan na naman niya ko dahil sa pagiging mabagal. Hanggang ngayon misteryo pa rin sa 'kin ang ginagawa niyang pagligo sa umaga. Sa gabi naman medyo mabagal siya.

Siguro talagang wisik-wisik lang ang ginagawa niya. Pagtalaga napatunayan ko yon, yari siya sa 'kin. Matagal-tagal na pambubuska ang gagawin ko sa kanya para makaganti.

Tinapos ko ang pagkain at nagpaalam na para makaligo. Kinailangan ko din bilisan dahil ramdam ko na ang presensya ng kapalaran sa labas ng pinto ng kwarto ko. Ilang beses ko tuloy natamaan ang gilagid ko ng sipilyo dahil sa pagmamadali. Ilang beses din akong nahilam ng shampoo.

Nang matapos ako sa pagbibihis, magkaiba na naman ang medyas ko pero hindi ko na pinansin. Kinuha ko nalang ang bag ko bago magsapatos.

Paglabas ko ng pinto nakasandal ang Horoscope sa pader. Hawak ang cellphone at merong tinititigang message. Makikibasa din sana ako pero mukang naramdaman niya ang presensya ko.

*Ay hindi ko nakita.*

**"Tara na... Ang bagal mo talaga,"** sabi niya at tinalikuran ako.

Napanguso ako bago siya sundan sa paglalakad. Sandali kaming nagpaalam kay Mama at kay Tita Gema bago tuluyang lumabas. Halos manlaki ang butas ng ilong ko ng makita ko ang makintab niyang bagong kotse.

Sumukay na siya kaya hindi na ko nakapagreklamo pa. Para akong sinampal ng mamahaling pabango pagpasok ko. Bigla tuloy akong natakot huminga at baka masira ang sasakyan ng hangin mula sa baga ko. Mabilis nanlamig ang pwet ko pag-upo kahit hindi pa naman bukas ang aircon. Hindi ko rin magawang hatakin ang seat bealt dahil baka masira ko.

*Barumbado pa naman ako maghatak ng seat bealt.*

**"What's wrong with you?"** tanong sa'kin ng kapatid ko.

Napansin siguro niya ang kilos ko na halos hirap sa paggalaw.

**"Nakakahiya kasing gumalaw sa bago mong car."** sarcastic na sagot ko at agad siyang napairap.

**"Umayos ka, pagpreno ng kotse subsob ka dyan."**

**"Baka magasgas."** Pagpipilit ko.

**"Kotse lang to Jay."**

**"Na bagong-bago."**

**"Na maluluma din in the future."**

**"Na mas mahal pa sa buhay ko ang presyo."**

**"Not really. Your life is more important to us compare to this car,"** sabi niya at napangiti naman ako.

*Naks, important yarn.*

**"Edi okay lang gawin to?"** tanong ko matapos sumandal at tinaas ang paa sa dashboard.

Agad niya kong kinurot sa binti. Malakas akong napaaray bago ibaba ang paa ko at hawakan ang parte ng binti ko na kinurot niya.

**"Sinabing umayos ka ng upo!"** inis na sabi niya.

Inis na inis akong umayos ng upo. Inayos ko na rin ang sealbealt bago niya paandarin ang kotse.

Hindi ko alam kung maganda talaga ang panahon o maganda lang ang view mula sa bintana ng bagong kotse ng kapatid ko. Hindi ko tuloy maiwasang mainggit. Ayokong magpaka-kampante na mayaman si Papa at makukuha ko ang mga gusto ko kapag nagkita na kami. Hindi naman kasi 'yon ang dahilan kung bakit gusto ko na siyang makasama.

Nangungulila ako sa Ama. Gusto ko rin siyang makasama. Sobrang hirap na lumaki ako na hindi ko makasama ng maayos ang mga magulang ko. Buti sana kung abroad lang sila at nagt-trabaho para sa kinabukasan ko, maiintindihan ko pa. Kaso hindi eh, taguan lang ang nangyayari sa'min. Tinatago ako sa Tatay ko sa hindi ko naman maintindihan na dahilan.

*Tagu-taguan sinong taya?*

Napansin ko ang dinadaanan na mukang pa-diretso na sa school.

**"Hindi na dadaanan si Ella?"** tanong ko pero gustong gusto ko 'yon.

**"No, she's already in school,"** sagot niya at pa-simple akong napangiti.

*Ganyan dapat ang bungad. Good news.*

Malapit na kami sa school ng marinig namin ang cellphone niya. Sinubukan niyang kuhanin yon mula sa bulsa para tignan pero nabitawan niya at nalaglag sa paanan niya. Ako na ang nagkusa dahil baka maaksidente kami.

**"May tumatawag, kaso number lang."** sabi ko at pinindot ang green symbols para sagutin pero kasabay no'n ang pagsigaw niya ng '*wag!*'.

Hindi ko na siya pinansin dahil natuon ang pansin ko sa nagsalita sa kabilang linya. Nakatitig ako sa labas ng saksakyan habang inaalala kung saan ko narinig ang boses. Sobrang pamilyar sa'kin pero hindi ko mapunto kung saan ko narinig. Hindi ko itatanggi na bumilis ang tibok ng puso ko at parang nanlamig ako. Alam ko sa loob ko na ang may-ari ng boses na 'to ay meron bahagi sa buhay ko na nagmarka sa'kin. Para bang nakilala ko siya at nag-iwan siya ng sugat at peklat sa'kin....*sa'min.*

**"Jay! Hang up the phone!"** sigaw ni Aries sa'kin.

Hindi ko siya pinansin dahil ang sunod na sinabi ng nasa kabilang linya na lang ang narinig ko.

**["*Hindi ikaw si Aries.*"]** sandali siyang tumahimik. **["*Ikaw ba 'yung Jay-Jay?*"]**

Nabitawan ko ang cellphone. Kasabay ng pagbagsak ang luha ko at paglabo ng paningin ko. Bahagya ring kumirot ang ulo ko kaya napayuko ako. Nanlalamig pareho ang palad at sikmura ko. Hindi ko na rin namalayan ang paghinto ng kotse.

Meron akong naaalala. Madilim na kwarto, maliit na bintana, mga nagkalat na gamit at kahon. Basag na salamin at mga dugo sa sahig. Meron akong nakikitang tao pero malabo.

*Si Aries?*

Nakikita ko si Aries. Bahagi 'to ng nakaraan ko kasama si Aries. Kailangan kong maalala kung anong nangyari. Alam kong may nakaraan ako kasama ang kapatid na hindi ko rin maalala kagaya sa insidente sa mga amahin ko. Hindi pwedeng takasan ko rin 'to at maghintay na naman ng mga susunod na panahon.

Kailangan ko ang mga alaala ko no'n kay Aries, kahit ayos na kami gusto ko pa ring malaman ang dahilan kung bakit niya ko iniwasan no'n o kung bakit siya nagalit sa'kin. Baka nasa mga alaalang yon ang dahilan. Kailangan kong matutunang harapin 'to o habang buhay kong tatalikuran ang takot ko.

*Alalahanin mong mabuti!*

Kahit sumasakit ang ulo ko at parang babakliktad ang sikmura ko sa pagkahilo pinilit ko pa rin inisip ang mga nangyari. Unti-unti na ring sumisikip ang paghinga ko. Binalikan kong pilit ang itsura ng kwarto, mga gamit at ultimo liwanag mula sa bumbilya pilit kong binabalikan.

**"Jay! Please tell me what's wrong!"** pakiusap ni Aries pero hindi ko siya pinapansin.

Ramdam ko ang mga kamay niya sa braso ko at pilit niyang hinahawakan ang muka ko para maiharap sa kanya.

**"Breath. Please breath!"** dagdag pa niya at sunod-sunod ang pagpatak ng mga luha ko. **"I will call an ambulance now."**

Sinubukan niyang kuhanin ang cellphone sa sahig pero tinapakan ko 'yon para pagilan siya. Pinikit ko ang mga mata ko at binalikan ulit ang mga bagong alaala sa isip ko. Meron pa kong hindi maalala, hindi kumpleto ang mga pangyayari. Parang puzzle pero nawawala ang isang piraso para mabuo ang imahe.

*Isipin mong mabuti, kahit wala kang isip.*

Anong kulang? Sa kwartong 'yon, nakakulong kami. Ang nagkulong sa'min, ang tunay na Tatay ni Aries. Sinubukan naming tumakas pero nahuli kami. Merong posas at maraming dugo. Nanlaban kami kahit nasaktan kami. Merong nabasag na salamin at meron akong sinaksak...*meron akong sinaksak.*

*Meron...*

Natigilan ako. Napaangat ako ng tingin bago takpan ang bibig ko sa pagkagulat. Ang kaninang luha ko dahil sa pagkahilo at sakit ay napalitan ng luha dahil sa halo-halong emosyon. Napaatras ako habang nakatingin kay Aries.

**"Jay, w-what's wrong?"** tanong niya sa'kin.

Pilit kong binuksan ang pinto ng kotse para makalabas. Hindi ko pinakinggan ang pagtawag niya. Mabilis akong naglakad sa hindi ko alam na direksyon. Ilang beses kong pinunasan ang luha ko pero patuloy pa rin sa pagbagsak.

**"Jay-Jay!"** tawag ni Aries at mas bibilisan ko ang paglalakad pero nagawa pa rin niya kong abutan.

Hinawakan niya ang braso ko pero agad kong binawi 'yon. Hindi ako makatingin ng diretso sa kanya.

**"M-Mauna na ko sa school,"** sabi ko pero pinigilan niya ko.

**"I think we should go to the hospital."** sabi niya at pilit akong hinahatak pabalik ng kotse pero binawi ko lang ulit ang braso ko.

**"Okay na ko."** pagpipilit ko.

**"Jay — ."**

**"Okay na nga ako!"** galit na sagot ko.

Agad akong naglakad paalis at sandali umangat ang tingin ko ng makita ko ang lalaking nakatayo hindi kalayuan sa'min. Taka at puno ng pag-aalala si David habang pinapanood akong dumaan sa harap niya.

**"Ako ng bahala."** dinig kong sabi niya na malamang ay para kay Aries.

Malalaki ang hakbang ko papasok ng school. Hindi ko na alintana kung pagtinginan ako dahil sa itsura ko. Kahit hinihingal ay ganon pa rin ang bilis ng lakad ko pati sa pag-akyat sa hagdan. Nakayuko pa rin ako kahit sa pagpasok sa room.

**"Good morning Jay, good morning Lolo Dabid!"** masayang bati ni Ci.

Hindi ko siya pinansin at tuloy-tuloy lang naupo sa pwesto ko. Nakatulala at saradong-sarado ang mga kamao ko habang nakapatong sa mga hita ko. Naririnig ko ang mga sinasabi ng mga Ulupong pero wala ni isang salita ang nagp-proseso sa utak ko.

**"Jay? Gutom ka ba? Gusto mo pagkain?"**

**"Baka gusto mo tinapay meron ako dito."**

**"Ako gusto ko!"**

**"Pakyu!"**

**"Baka masama pakiramdam. Eman, pengeng gamot."**

**"Taga-luto ako, hindi nurse."**

**"Baka nagkaroon ulit siya masama panaginip."**

**"Baka nasa panaginip ka niya."**

**"Baka iniisip niya utang ko sa kanya."**

**"Gago, magbayad ka na."**

**"Isipin nalang muna niya ulit."**

**"Baka kulang sa lambing."**

Narinig ko ang mahina nilang tawanan pero nawala 'yon ng kusang pumatak ang mga luha ko. Nanatili pa rin akong tulala. Hindi matanggap ang mga bumalik na alaala sa'kin.

*Meron akong sinaksak.*

Alam kong masama ang ugali ko. Hindi nagpapatalo sa laban at kung kailangang makipagbugbugan ginagawa ko. Pero ang manaksak ng tao ibang usapan na.

**"Keifer."** dinig kong tawag nila sa Hari.

Ramdam ko ang bahagya nilang paglayo at ang paglapit ni Keifer sa'kin. Humatak siya ng upuan para makatabi sa'kin. Hinawakan niya ang kamay ko pero hindi ko inalis 'yon sa pagkakakuyom at pagkakapatong sa hita ko.

**"Hey... I'm ready to listen."**

Mas bumilis ang pagpatak ng mga luha ko. Naging malalim ang paghinga ko. Nakayuko pa rin ako at nakatulala. Hindi ko siya magawang tignan dahil baka hindi rin niya matanggap ang sasabihin ko. Pero gusto kong sabihin sa kanya dahil hindi ko na alam ang gagawin ko. Kinakain ako ng konsensya ko.

**"M-Meron akong... naaalala."** panimula ko.

**"From your past? Another bad memory?"** nag-aalalang tanong niya.

Tumango ako. **"Tungkol sa'min ni Aries."**

Sinubukan kong pigilan ang mapahagulgol ko pero makailang beses akong nabigo.

**"Jay?"** nag-aalalang tawag ni Ci.

**"Hey, it's okay. Don't rush. Take it slow,"** sabi ni Keifer at hinawakan ang muka ko para maiharap sa kanya pero ng magtagpo ang mga mata namin hindi ko na napigilan ang mapaiyak ng malakas.

Agad niya kong niyakap at sinandal ang ulo sa dibdib niya.

**"Naalala ko na... k-kung anong ginawa ko sa kanya."** sabi ko na para bang nagsusumbong ako sa kanya. **"kaya p-pala galit siya sa'kin."** napahagulgol ako.

*Ngayon malinaw na sa'kin ang naging galit niya.*

Meron siyang karapatan at ako hindi dapat nagreklamo. Hindi dapat ako nagalit sa kanya no'n. Dapat lang pala tanggapin ko ang mga masasakit na salitang binitiwan niya. Kung tutuusin kulang pa ang mga nagawa niya sa'kin kumpara sa nagawa ko sa kanya. Pwedeng-pwede niya kong saktan ng physical baka tanggapin ko pa ng maluwag sa puso ko. Malaya siyang gawin ang mga 'yon.

Kaya pala ayaw niya kong makasama sa bahay. Kaya pala laging masama ang tingin niya sa'kin. Kaya pala parang gustong-gusto na niya kong burahin sa buhay niya. Kaya pala tinago niya na magkapatid kami. *Kaya pala...*

**"S-Sinaksak ko siya... muntik ko na siyang mapatay."** hagulgol ko habang bumabalik sa'kin ang itsura niyang nakahandusay sa sahig at napaliligiran ng sarili niyang dugo. **"Pinagtangkaan ko buhay ng kapatid ko!"**

Humigpit ang pagkakayakap sa'kin ni Keifer at ramdam ko ang paglapit ng mga Ulupong.

**"Hindi mo sinasadya 'yon. Kilala kita, hindi ka naman aabot sa ganon."** pagpapagaan niya sa nararamdaman ko pero walang talab 'yon.

**"Pero nagawa ko pa rin."**

**"At merong dahilan. "**

Gustohin ko mang alalahin ang dahilan hindi pa rin no'n mababago na pinagtangkaan ko siya. Sinaksak ko pa rin siya at hindi lang isang beses. Naririnig ko pa rin ang boses niyang nakikiusap sa'kin. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi ko siya pinakinggan.

*Bakit ko 'yon ginawa?*

Patuloy pa rin ako sa pagiyak. Kung kanina gusto ko bumalik ang alaala na 'yon, ngayon gusto ko na ulit mawala. Gusto ko na ulit mabura sa isip ko 'yon. Hindi ko alam kung kaya ko pa humarap kay Aries.

Sobrang hirap nito sa kanya. Kailangan niyang makisama sa taong nagtangka sa buhay niya. Kailangan niyang magpigil ng galit sa araw-araw na nakikita niya ko. At sa huli, pinatawad niya ko kahit hindi naman dapat. Nanatili na lang sana siyang galit sa'kin, mas matatanggap ko 'yon kaysa isipin ang mga naranasan niya habang magkasama kami sa bahay at dinadala ang sakit ng ginawa ko.

Samantalang ako, masama pa ang loob sa kanya no'n. Walang kaalam-alam na halos napatay ko na pala siya. Kung alam ko lang sana, kung meron lang sana akong ideya, kung meron lang sana nagsabi sa'kin.

**"H-Hindi ko na kayang humarap kay Aries."**

**"Sshh... Mas mabuting kausapin mo siya —."**

Agad akong umiling. **"Ayoko. Hindi ko kaya."**

**"Okay, I won't insist but please don't make decision when you're full of emotion."** sabi niya at sinuklay ang buhok ko bago ako halikan sa ulo. **"Naguguluhan ka pa dahil sa naalala mo. Kailangan mo munang huminga."**

Sinubukan kong kumalma kagaya ng sinabi niya pero hindi ko pa rin mapigilan ang maiyak. Hinayaan lang naman niya ko pati ang posisyon namin. Ramdam kong pinapanood kami ng mga Ulupong pero nanatili silang tahimik bilang respeto hangang sa kumalma ako.

Inabutan ako ni Yuri ng tissue at tubig naman sa bote ang inabot ni David. Mukang lumabas pa siya para lang bumili.

*Nakaabala pa ko.*

**"Your brother wants to know if you're okay now,"** sabi ni David kaya napatingin ako sa kanya. **"Sabi ko na lang, you look better."**

Tumango ako at nagpasalamat. Hindi ko alam ang sasabihin sa kanya kapag nagkita kami. Mas gugustuhin ko kung hindi kami magkikita mamaya.

*Ayokong umuwi.*

**"Naguguluhan ako. Ano yung sinasabi mo kanina?"** tanong ni Ci pero agad siyang nakakuha ng batok mula kay Eren.

**"Makaramdam ka naman. Fresh pa ang nangyari, wag m muna ipaalala."** sabi niya at napailing.

**"A-ayos lang."**

**"I think you should tell them."** suhestyon ni Keifer pero mabilis akong napailing. **"They will understand, trust me."**

Hindi ko alam kung dapat ko nga bang sabihin sa kanila. Tinignan ko silang lahat na nakapaligid sa'min. Halatang hinihintay din ang sasabihin ko. Sila rin ang parehong Ulupong na naglihim sa'kin no'n pero parehong Ulupong na bumawi at pinatunayang deserve nila ang kapatawaran. Sila din ang mga Ulupong na kasama ko sa kalokohan, laban at saya. May tiwala sila sa'kin at ganon din dapat ako sa kanila.

Hinarap ko si Keifer at ngumiti siya sa'kin para sabihin na ayos lang. Bahagya akong tumango bilang sagot.

**"N-Nabanggit ko na no'n na merong mga nangyari sa'kin no'n na hindi ko na maalala."** panimula ko at sinundan ng pagkwento sa nangyari kanina sa loob ng kotse ni Aries.

Pero hindi lang 'yon, sinabi ko na rin sa kanila ang sitwasyon ko at ang nangyayari sa'kin kapag nakakakita ako ng dugo. Ang mga pagbabago at natatandaan kong nararamdaman ko. Pinilit kong ipaliwanag sa kanila sa maayos na paraan. Natatakot ako sa iisipin nila at sa panghuhusgang ibibigay nila sa'kin pero kung hindi ko susubukan, hindi ko malalaman.

*Sana lang maintindihan nila.*

Sari-sari ang reaksyon nila matapos kong magkwento. Naging tahimik sila na kinatakot ko kaya mabilis kong hinarap si Keifer at tiningala si Yuri na nasa likod niya. Puno siya ng pagaalala pero kagaya ko naghintay lang din siya ng magiging sagot nila.

**"Jay..."** tawag sa'kin ni Ci-N na nagpakaba ng husto. **"Hindi na ko nagulat, kasi baliw ka naman talaga mag-isip — aray."** hindi na niya natapos ang sasabihin dahil sa pagbatok ni David sa kanya.

**"Be careful with your words."** may pagbabanta sa boses niya.

Pero hindi ko itatanggi na medyo napangiti ako sa sinabi ni Ci. Alam ko namang sinabi niya lang 'yon para pagaain ang loob ko.

**"Biro lang naman ih!"** sagot niya habang nakanguso.

**"Ayos lang. Kilala ko naman si Ci. Alam kong joke lang 'yon,"** sagot ko at ngumiti sa kanya.

**"Pero seryoso, kaya pala ganon ang ginawa mo nung nakalaban natin grupo ni Mykel. Tapos parang hindi mo ko naririnig kasi pala may problema na talaga."** paalala niya at bahagya akong napayuko.

Nakita nga pala niya kong nagwala no'n. Akala ko nawala na sa isip niya dahil hindi naman na siya nangulit sa pagtatanong.

**"Kaya pala ganon ang reaksyon mo no'n nung nasaksak ako. Kasi takot ka sa dugo."** dagdag ni Rory.

**"Kung takot ka sa dugo, paano ang monthly period mo?"** tanong ni Drew at mahinang sampal ang sumalubong sa kaniya mula kay Denzel.

**"Ayusin mo naman,"** iritang sabi niya.

"*Kadiri. Parang tanga.*"

"*Nireregla ba si Jay-Jay?*"

"*Malamang.*"

Napayuko ako dahil sa kahihiyan at pagpipigil tumawa ng malakas. Ulupong talaga sila.

*Kaiiyak ko lang. Please!*

**"Enough!"** sigaw ni Keifer at tumahimik sila.

**"Anong meron sa monthly period at do'n nauwi ang usapan,"** tanong ni David at napailing.

Sasagot pa sana si Drew pero inunahan ko na siya para matahimik siya.

**"Sandali ko lang tinitignan."** sabi ko at napatango naman sila pero nakatanggap pa rin ng malulutong na mura si Drew mula sa kanila.

**"Ikaw Kit, kailan regla mo?"** tanog ni Mayo at malakas kaming napatawa.

*Ulupong nga naman talaga.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 359

**A/N:** hello. Salamat sa paghihintay! 😁

**Meet Ares**

***Jay-jay's POV***

**"Anong ginagawa mo?"** tanong ko kay Ci-N na abala sa pagte-text.

**"Kausap ko si Daddy. Nagtatanong ako sa kanya tungkol sa posibleng sakit mo,"** sagot niya nang hindi tumitingin sa'kin.

**"Akala ko ba hindi kayo close ng Daddy mo?"**

Sandali siyang tumigil sa pagt-text para harapin ako at ngitian. Labas ang gilagid niya sa pagngiti at may kaunting tinga pa sa ngipin. Bahagya akong natawa dahil sa itsura niya pero bumalik lang siya sa ginagawa ng hindi ako sinasagot.

*Alam ko ibig niyang sabihin.*

Ready siyang makipag-usap sa Daddy niya para lang mahanap o matulungan ako sa problema ko. Napangiti ako sandali dahil sa naisip niyang gawin. *Pero...*

**"Hindi mo naman kailangang gawin 'yan. Mahahanap ko din kung anong problema ko,"** sabi ko pero hindi niya ko pinansin.

Kakalabitin ko pa sana siya para makuha ang atensyon niya pero naagaw ng malakas na volume ng phone ang atensyon ko. Mabilis akong napalingon sa mga Ulupong para hanapin 'yon.

Nagmumula 'yon sa cellphone ni Kit at kasalukuyan silang nanonood ni Mayo. Wala naman sana akong balak pansinin sila pero naririnig ko ang narrator ng pinapanood nila.

**"*...trauma can also cause short term memory lost but in some cases it can also be longer...*"**

Nanonood sila ng video na may kinalaman sa trauma. Napangiwi ako. Alam kong para rin sa'kin ang pinapanood nila. Mukang kagaya ni Ci naghahanap din sila ng pwedeng itulong sa kalagayan ko.

*Pati ba naman sila.*

Pero mukang hindi lang sila ang naghahanap ng impormasyon tungkol sa sitwasyon ko.

**"Pre... Basahin mo 'to,"** utos ni Rory kay Edrix sabay abot ng cellphone.

**"Ano ba 'yan?"** tanong ni Edrix bago tanggapin 'yon.

**"Hindi ko na kayang magbasa, ikaw naman."**

Napangiwi si Edrix habang napapakamot sa noo. Kahit ako gano'n ang magiging reaksyon ko. Kung makautos na basahin para siyang may nahanap na maganda o mapakikinabangan, 'yun pala kasi hindi na kaya. Nabigla siguro ang utak niya. Hindi kinaya ang sobra-sobrang impormasyon.

*Iba din.*

**"Selective Amnesia."** Basa ni Denzel ng malakas sabay kalabit kay Drew. **"Meron ka nito. Lalo na kapag singilan na ng utang."**

**"Gago ka ba?"** Inis na sagot ni Drew.

**"Hoy, totoo 'yan!"** gatong ni Blaster.

**"Bayaran mo na ko,"** sabi ni Josh.

At nauwi sa singilan ang mga loko sa likod. Nagkagulo na sila at muntik ng mauwi sa suntukan. Napilitan sina Felix at Eman na awatin sila bago pa lumala.

**"Kumain na nga kayo! Kaya kayo nagkakaganyan dahil sa gutom!"** sigaw ni Felix sa kanila sabay batok kay Drew at Blaster na naghablutan na ng damit.

Mabilis na hinampas ni Eman ang mga kamay nila bago sila itulak palabas. Agad namang sumunod ang ibang Ulupong para bumili na rin ng pagkain. Pero pakiramdam ko naghihintay lang sila ng manlilibre kaya ngayon lang sila magsisilabas.

*Halatain kayo dyan.*

**"Tara Jay! Lunch na!"** aya nila sa'kin pero ngumiti lang ako at sinenyasan silang umalis na.

*Meron akong taga-bili. Hehe.*

Tahimik ko na lang na hinintay si Keifer na siyang bumili ng pagkain ko. Hindi ko nga lang alam kung saang tindahan nagpunta ang kumag dahil kanina pa siya umalis at hanggang ngayon ay wala pa rin.

Mukang dumaan pa yata sa bundok tralala ang lintik. Burger, fries at milktea lang naman ang pinapabili ko. Meron namang nagtitinda dyan sa labas ng school pero kung saang lupalop pa yata naghanap ng bibilin ang tukmol na 'yon.

**"Wala pa rin?"** tanong ni Yuri na naupo sa tabi ko. **"Nagugutom na ko."** napasandal siya sa upuan.

**"Gutom! Gutom! Gutom!"** reklamo naman ni Ci habang nakahawak sa tyan.

**"Sinasadya yata niyang tagalan,"** sabi ni David na naglalaro ng games sa cellphone niya.

Hindi ko alam kung anong trip nila at naisipan din nilang magpabili sa Hari. Si Ci-N talagang gusto lang ng pagkain mula sa labas pero itong dalawa parang iniinis lang ang Hari ng mga Ulupong.

*Ayan, baka sinasadya niya ngang tagalan para makaganti.*

Napanguso ako bago mapadukdok pero mabilis na naagaw ang atensyon ng pagkalabit sa'kin ni Yuri. Agad ko siyang hinarap.

**"Kumusta pakiramdam mo?"** tanong niya sa'kin bago ayusin ang takas na buhok sa muka ko.

**"Medyo okay na. Hindi ko nga lang alam kung gusto ko pa umuwi."**

Sandali niya kong tinitigan na para bang meron siyang inaalala. Inayos niya ulit ang buhok ko bago ngumiti sa'kin.

**"Ngayon naiintindihan ko na,"** sabi niya na pinagtaka ko ng husto. **"You ask for him that day."**

Ramdam ko ang pagtahimik at panonood sa'min ni David at Ci-N. Halatang inaabangan din ang sasabihin ni Yuri sa'kin.

**"That day that you hurt yourself while we're cooking in our kitchen. Alam kong pinaliwanag mo na sa'kin kung bakit mo siya hinanap but I'm still confuse."** ngumiti siya na para bang naiinis. **"Kasi naiintindihan niya ang sitwasyon mo from the start at alam na alam niya ang dapat gawin."**

*Naalala ko ang tinutukoy niya.*

Yung araw na nag-date kami bilang mag-fiance. Naisipan naming magluto na lang sa kanila pero halos siya ang gumawa ng lahat kaya ako naman ang nagligpit pero aksidente kong nasugatan ang sarili ko. Sa takot kong makakita ng dugo at mawala sa sarili, inutusan ko siyang tawagan si Keifer. Hindi ko naman sinasadya 'yon.

**"Masama pa rin ba ang loob mo dahil do'n?"** tanong ko.

**"Siguro oo, pero hindi sa'yo. Masama ang loob ko sa sarili ko. Ang dami ko pa rin talagang hindi alam tungkol sa'yo. Yet I demand too much from you before."** malungkot siyang ngumiti sa'kin. **"I can't imagine how much you will suffer if we're still engage."**

Napatitig ako sa kanya. Hindi alam ang isasagot dahil ngayon lang din nag-sink in sa'kin. Kung tinuloy namin ang kasal at ganito ang sitwaston ko malamang na hindi kami magkakaintindihan. Malamang na pareho naming hindi alam ang gagawin at kung paano ako tutulungan. Nakakatakot na baka maging dahilan pa 'yon ng magiging away namin.

*Tapos hindi siya maniniwala sa kalagayan ko.*

**"Ending our engagement is really the right thing to do."** dagdag niya at tumango ako.

**"Now you know why you don't deserve her."** parinig ni David pero nakatutok pa rin sa cellphone.

Iritang lumingon si Yuri sa kanya. Bago pa man sila magkainitan at magsimula ng away dumating ang Keifer dala-dala ang mga pagkaing pinabili namin. Sinalubong agad siya ni Ci-N na pumapalakpak pa sa tuwa. Inuna niyang kuhanin ang paperbag kung nasaan ang pinabili niya.

**"Yey! Sarap-sarap!"** maligayang sabi ng Batang Kumag habang nilalabas isa-isa ang pagkain mula sa paperbag.

Binaba ni Keifer ang natitirang hawak sa lamesa sa harap namin. Kinuha ni Yuri at David ang para sa kanila. Ganon din sana ang gagawin ko pero ang Hari na ang naglabas ng pagkain at binaba sa table ko.

*Masyado naman yata akong pinagsisilbihan. Hehe.*

**"Kumusta ang pakiramdam mo?"** tanong niya sa'kin habang inaayos ang pinamili.

**"Gutom."** mabilis kong sagot.

Bahagya siyang natawa bago kuhanin ang pagkain niya at nagbatak ng bangko para makatabi sa'kin. Napalingon ako sa kanang bahagi ko kung nasan si Yuri nakapwesto. Nasa kaliwa ko naman si Keifer. Nagsasalo kami sa iisang kakarampot kong lamesa.

**"Eat now."** utos niya sa'kin.

Napanguso ako bago kuhanin ang plastic na kutsara at tinidor. Pero siya ang nagbukas ng pagkain mula sa container.

Tahimik na kumain sina Yuri at David. Panay naman ang puri ni Ci-N sa pagkain niya. Hindi ko tuloy maiwasang mainggit. Gusto ko ang parehong enerhiya niya ngayon. Para kasi akong mawawalan ng gana.

*Char.*

Sinimulan kong kumain. Sandali akong napapalingon sa Hari habang ngumunguya. Panay kasi ang dagdag niya ng pagkain sa container ko.

**"Eat well,"** sabi pa niya at ngumiti ng nakakaasar.

Magrereklamo na sana ako pero meron na namang nagdagdag ng pagkain sa container ko. Nang lingunin ko, tipid na ngumiti sa'kin si Yuri.

*Ano ba?!*

Hindi yata nila mahalata na wala akong gana kumain. Napanguso ako bago ituloy ang pagkain ko. Wala namang masyadong nagsasalita sa'min hanggang sa dumating ang ibang Ulupong.

**"Kaya pala hindi bumili sa cafeteria kasi sa labas pala bumili."** reklamo ni Felix.

Sinilip pa niya ang kinakain namin bago mapanguso. Kasunod naman niya ang iba at nakitingin-tingin din na para bang tumitingin ng ulam sa karindirya. Pero si Ci-N at David lang naman ang magawa nilang kulitin para hingan.

**"Ayaw ko! Akin to!"** inis na sabi ni Ci-N.

**"Fvck off."** mahinahon naman na sabi ni David.

Wala pa sana silang balak huminto kundi lang pumasok si Denzel na may dalang lunch bag na mukang padala ni Grace sa kanya.

"*Pahingi kami!*"

"*Mamigay!*"

"*Nagkaanak ka lang naging madamot ka na!*"

Agad naman silang nakatanggap ng malulutong na mura galing kay Denzel. Napailing lang kami dahil hindi pa rin tumitigil ang makukulit na Ulupong.

Pero hindi sila Ulupong kung hindi sila ganyan kakulit. Handa silang mabasag at makipagbasagan mg muka para sa pagkain.

**"Jay, meron pala naghahanap sa kapatid mo. Kaso ayaw siyang papasukin ng Sikyu sa gate,"** sabi ni Denzel na nagpatigil sa'kin.

*Kay Aries?*

Weird. Bakit dito siya sa school pinuntahan? Parang ngayon ko lang narinig na may naghahanap kay Aries mula sa labas.

**"S-sasabihin din nila sa kanya 'yon."**

**"Kaso kaninang umaga ko pa nakikita 'yon sa labas. Parang hindi naman nila sinasabi."**

*Sino naman kaya 'yon?*

**"Would you like me to inform Aries?"** tanong ni Keifer sa 'kin kaya sa kanya naman ako napatingin.

**"Hindi na siguro kailangan. Hindi naman natin kilala naghahanap sa kanya baka ikapahamak na naman siya,"** sagot ko at sumang-ayon naman siya.

**"But it might be important. Hindi naman siguro siya maghihintay ng matagal kung ipapahamak lang niya si Aries,"** pagsingit ni Yuri sa usapan.

**"Could be. Sabihin na lang kaya natin kay Angelo para siya na ang magsabi kay Aries."** suhestyon ng Hari.

**"Pwede ring hayaan na lang natin at wag na intindihin pa. Si Aries naman hanap niya hindi tayo,"** sagot ko at nagtinginan sila bago tumango.

Tinapos ko na lang ang pagkain at ganon din ang dalawang kasabay ko. Sila na rin ang nagligpit ng pinagkainan namin. Naisipan kong mag-cr muna para maglinis at mag-ayos.

Habang nasa harap ako ng lababo at naghuhugas ng kamay pumasok ang dalawang babaeng tuloy-tuloy sa pag-uusap. Hindi ko maiwasang marinig ang topic nila.

**"Kanina pa 'yung lalaki sa labas ng school. Hinahanap si Aries ng Section A."** sabi ng isa bago pumasok sa cubicle.

**"Bakit hindi nila puntahan si Aries para sabihin?"** tanong ng isa habang nasa loob ng cubicle.

**"Malamang nasabi na 'yon. Ayaw lang yata talaga harapin nung Aries."**

**"Bakit naman kaya?"**

**"Sis, sabi ng boyfie ko sa Section A, baka daw 'yon ang Tatay ni Aries kasi may hawig."**

Literal akong natigilan sa narinig ko mula sa kanila. Nanginig ang mga kamay ko na pilit kong pinipigilan. Agad akong nanguha ng tissue at pinunasan ang mga kamay ko. Nagmadali akong lumabas ng cr para bumalik sa room.

Malalim ang paghinga ko na nagpapakirot sa dibdib ko. Sana mali sila at hindi 'yon ang Tatay ni Aries. Magkakaroon ng malaking problema kapag nagkita sila.

*At kapag nakita ko siya.*

Kaya ba siya tumawag kay Aries kanina? Pero bakit ngayon niya pa naisipang pumunta at magpakita. Anong dahilan? Ganon na lang ba 'yon? Matapos ang ginawa niya sa'min non magpapakita siya na parang walang nangyari.

Nasa tapat na ko ng pinto ng meron akong maalala mula sa nangyari non. Bago ko masaksak si Aries meron akong pinatamaan ng posas sa muka. Maraming dugo at malinaw ko nang naalala na siya yon.

**"Jay!"** Tawag ni Ci habang nakangiti.

Hindi ko siya nilingon kahit nakalapit na siya.

**"Ay, nag-zone out,"** sabi niya at akmang pipitikin ako pero may pumigil sa kanya.

**"Jay, what's wrong?"** boses ni David.

Hindi pa rin ako kumikibo at nakatitig lang sa kawalan. Paulit-ulit na naglalaro sa isip ko ang bawat ditalye ng alaala ko.

Paano kung bumalik siya para gumanti sa ginawa ko? Paano kung kidnapin na naman niya si Aries at ulitin ang ginawa niya? Yun lang naman ang pwede niyang gawin.

Naapangat ako ng tingin ng merong pumitik ng pumitik na daliri sa harap ng muka ko. Taka kong tinignan kung sino yon.

**"Are you okay? You zoned out."** Ang nagaalalang Keifer ang humarap sa'kin.

**"M-Meron lang akong iniisip,"** sagot ko at pumasok sa loob ng room.

Tumuloy lang ako sa pwesto ko at hindi na nagsalita pa kahit kitang-kita ko ang pag-aalala ni Keifer sa'kin.

Dumating ang teacher namin para sa sunod na klase pero naging lutang lang ako. Kaya natapos ang buong maghapong klase na wala akong naisulat ko natutunan.

*As usual. Hindi na bago.*

Habang abala ang iba mag-uwian, hindi ako umaalis sa pwesto ko. Hawak ko lang ang bag kong nakapatong sa lamesa ko. Nakatitig naman sa'kin si Keifer na hindi rin gumagalaw.

**"Mauna na kami umuwi,"** paalam ni Felix sa'min.

Tumango lang ang Hari sa kanya pero wala pa rin akong naging imik.

**"Namaligno ba si Jay-Jay? Bakit hindi na siya nagsasalita pagkagaling sa CR?"** takot na tanong ni Ci.

**"There's no maligno in the toilet. Stop it."** si David ang sumagot sa tanong niya.

**"I'll take care of her. Mauna na kayo umuwi,"** utos ni Keifer.

Tumango si David at tumitig sa'kin sandali bago maglakad. Kumaway naman sa'kin si Ci-N bago maglakad kasunod ng Lolo niya. Tinapik ni Yuri ang balikat ni Keifer bago tuluyang umalis.

**"Bye Jay."** paalam pa niya.

Nakaalis na lahat ng Ulupong. Lumipat si Keifer ng upuan malapit sa'kin. Alam kong naghihintay lang siya ng gagawin ko. Nagpapasalamat ako sa kanya at hindi niya ko kinukulit.

**"Pwede mo bang tawagan si Kuya? Sabihin mo hindi muna ako uuwi, please,"** pakiusap ko.

**"Hindi pwede yang iniisip mo."**

Naghatak siya ng silya at naupo sa harap ko. Hinawakan niya ang dalawang kamay ko.

**"It's all in the past now. Tapos na ang galit ni Aries sa'yo. He grant you his forgiveness already, right?"**

Nanginginig ang kamay kong humawak din sa kamay niya. Malalim ang naging paghinga ko kasunod ng paglandas ng mga luha ko.

*Iyak na naman.*

**"P-Pero kasi... Kapag naaalala ko. Naaawa ako sa kanya."** bumalik na naman sa'kin ang mga pinagdaanan niya. **"Tiniis niyang makasama ako sa bahay. Tiniis niyang makasama ang nagtangka sa buhay niya."**

**"Please don't be hard to yourself. Hindi pa natin alam kung bakit mo nagawa 'yon."**

Lahit naman alamin ko pa hindi pa rin non maaalis ang konsensya ko at walang magandang dahilan para saktan ko siya.

Umiling ako. **"Kahit na."**

**"Kilala kita... You wouldn't do such thing."**

Sandali akong natigilan. Pinunasan ko ang muka ko kasunod ng malalim na paghinga.

**"Paano mo nasabi?"**

**"I have a theory that you stab him because you're not in yourself."** Panimula niya at napaisip din ako.

Maaaring yung nga ang dahilan. Dahil kung matino ako, kahit anong galit ko sa kanya hindi ko pa rin siya sasaktan ng ganon. Nagbibitaw lang ako ng mga salita minsan pero alam ko naman ang may laman sa banta lang talaga.

Tinuloy niya ang pagpapaliwanag. **"I'm thinking that you're in the state of zone out. Yung kapag nakakakita ka ng dugo."**

*Dugo.*

Inisip kong mabuti ang sinabi niya. Kung babalikan ko ang alaala ko na 'yon, tanda kong maraming dugo sa paligid. Pero hindi ko alam kung kanino.

Kailangang kong isiping mabuti kung anong nangyari bago ko siya saksakin. Bumitaw ako sa pagkakahawak niya at tinakpan ang muka ko gamit ang dalawang kamay ko.

**"What are you doing?"** tanong ng Hari.

**"Ginagamit ang natitirang cells sa ulo ko para mag-isip."**

Bahagya siyang tumawa pero agad ding naputol yon. Tumayo siya at dinig ko ang yabag niyang naglalakad palayo. Hindi ko alam kung ano ang ginagawa niya pero narinig ko ang pamilyar na boses mula sa pinto.

*Si Aries 'yon.*

**"Anong ginagawa niyo? We need to go home now,"** sabi niya.

**"We're discussing something important. Ako na maghahatid sa kanya,"** sagot ni Keifer sa kanya.

**"Hindi pwedeng bukas na lang 'yan?"**

**"Nope."**

**"Kuya Angelo will not like this."**

**"I am ready to explain for us."**

Hindi ko na narinig pang sumagot si Aries pero ramdam kong nakatingin siya sa'kin kaya sumilip ako sa pagitan ng mga daliri ko at tama naman ako.

Kita ko ang pag-aalala niya pero hindi ko siya magawang harapin. Saan ako kukuha ng kapal ng muka para harapin siya?

*Tips naman kung paano kumapal ang muka.*

Hinarap ulit niya si Keifer at tumango na lang bilang pagtanggap. Umalis siya at agad na naglakad palapit sa'kin ang Hari.

**"He's gone,"** sabi niya.

**"Nag-iisip pa ko,"** sagot ko at tinakpan ulit ang muka ko habang nakapikit.

Pinilit ko ulit balikan ang mga nangyari bago nasaksak si Aries. Pero kahit anong pag-iisip ang gawin ko wala pa rin akong maalala. Napadukdok na ko sa lamesa.

**"Wala akong maalala,"** pabulong na sabi ko bago mapahikbi.

**"Hey, don't pressure yourself."**

Pero hindi ko siya pinansin. Mahina akong umiyak at nilunod ang sarili sa konsensya. Pakiramdam ko napakasama kong tao dahil sa ginawa ko.

*Jay-Jay bad.*

May isang oras na yata kami sa room ng maisipan kong mag-aya umuwi. Nagpapasalamat ako at naghintay lang sa'kin ang Hari. Walang reklamo or marka ng pagkainip.

**"Gusto mo kumain muna bago ka umuwi?"** pag-aaya niya.

Sandali akong nag-isip bago sumagot sa alok niya. Mga 0.1 second.

**"Ice cream lang."**

Dinig ko ang mahina niyang pagtawa. Wala ng mga istudyante sa school. Mukang kanina pa sila nag-uwian.

Habang nasa parking may bigla na lang lumapit na lalaki sa'min. Sandali ko siyang natitigan bago nakilala ng husto.

Ang marka sa panga niya ang nagpaalala sa'kin ng nangyari sa basement kung saan kami ikinulong.

*Kung saan niya kami ikinulong ni Aries.*

Awtomatiko akong napakapit kay Keifer bago napaatras. Mukang nakuha naman niya ang nangyayari sa'kin. Agad niya kong tinago sa likod niya.

**"Ikaw si Jay-Jay, 'di ba?"** tanong niya.

Iba ang tinig niya kumpara sa naalala ko. Para bang malumanay na relax lang. Kita ang pagkakahawig nila ni Aries. Maging itsura niya ay maaliwalas kung hindi lang dahil sa peklat niya sa panga.

*Na ako ang may gawa.*

**"Pwede ba kitang makausap?"** tanong ulit niya.

Hindi ako makasagot. Nakakapit pa rin kay Keifer. Ramdam niya ang panginginig ko.

**"And who the hell are you?"** iritadong tanong ng Hari.

Nagtitigan pa sila bago siya sumagot. Nagawa pa niya kong silipin sandali.

**"Ako si Aranes o Ares. Ako ang Tatay ni Aries."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 360

**A/N:** Para po sa mga Kpop Fan and mahilig sa Kpop Merch. I suggest this shop, please follow on Twitter.

Also the tiktok account.

THANK YOU!!

**Family pain**

***Jay-Jay's POV***

Ang laki kong shunga. Kung may award lang sa pagiging *shungabengbeng* malamang ko ang dami ko ng trophy. Taon-taon nominated ako.

Binaba ng waiter ang order naming coffee. Malaki-laki ang tasa kaya dalawang kamay ang ginamit ko para mahawakan ng maayos at makainom ako. Hindi ko maitago ang panginginig ng kamay ko kaya tinulungan ako ng Hari ng mga Ulupong na ibaba ang tasa pabalik sa lamesa.

**"Please relax,"** bulong ni Keifer sa'kin.

Bigla akong nagsisi na mainit na kape ang binili ko. Lalo akong kinakabahan habang kaharap ang Tatay ni Aries. Mabuti na lang talaga at hindi ako iniwan ni Keifer.

**"Thank you,"** sabi ni Ares sa waiter bago tuluyang umalis sa table namin.

Uminom muna siya sa sariling tasa. Naiilang ako habang nakikita ang malaking peklat niya sa panga. Walang pinagkaiba sa peklat ni Aries sa ibabang dibdib. Siguro dahil nakuha nila pareho ang peklat dahil sa'kin at sa parehong araw din.

*Parehong insidente.*

Ilang beses akong napalunok. Hinawakan ni Keifer ang isang kamay ko kaya napatingin ako sa kanya. Ngumiti siya sa'kin para sabihing andito siya at magiging okay lang ang lahat.

Pinilit kong suklian ang ngiti niya pero napawi 'yon ng magsalita ang kaharap namin.

**"Kumusta ka?"** tanong niya sa'kin.

Gusto kong tumawa at pagtaasan siya ng kilay. Ang lakas makatarantado ng tanong niya. Binigyan niya kami ng trauma ni Aries tapos ngayon itatanong niya kung kumusta ako. Para na rin niya kong sinampal at itananong kung masakit ba.

*Sabog ka?*

**"I mean after all this years. Matagal-tagal na din yung... nangyari."** dagdag niya.

Kahit matagal na meron pa ring epekto sa'min 'yon. Hindi kami maruming damit na kapag nalabhan okay na. Tinignan ko si Keifer na para bang nanghihingi ng permiso kung pwede ako sumagot. Tumango siya na para bang inuudyukan ako.

**"A-Ang totoo... Hindi ako kumportableng makita at makasama ka dito. Gusto ko na lang matapos na kaya papakinggan ko ang sasabihin mo,"** sagot ko at kita ko naman ang pagtanggap niya.

**"Naiintindihan ko."** Tumayo siya at lumakad palapit sa'kin.

Agad akong napakapit sa braso ni Keifer dahil sa takot at kaba sa kung ano mang balak niya. Agad ding siyang tumayo para protektahan ako pero pareho kaming natigilan sa sunod niyang ginawa. Lumuhod siya sa mismong harap ako.

Napatingin sa'min ang iilang customer at crew ng coffee shop.

**"Mister, what are you doing?"** tanong ni Keifer.

**"Gusto kong humingi ng tawad sa ginawa ko no'n. Hindi ko itatanggi ang mga plinano namin para makakuha ng malaking pera sa pamilyang umampon kay Aries."** Nakatingin siya sa'kin habang sinasabi 'yon. **"Gusto ko ding makaganti sa Nanay niyo kahit alam kong wala naman talaga siyang ginagawang masama sa'kin. Hindi ko naisip ang magiging epekto no'n sa inyo bilang bata dahil ang mahalaga lang sa'kin na magawa ang mga balak namin."**

Napahawak ako sa braso ni Keifer na nakatayo sa tabi ko. Hindi ko inaasahan na gagawin niya 'to. Ang akala ko talaga gusto lang niya makipag-usap tungkol kay Aries.

**"Maniwala ka pinagsisihan ko ang mga nangyari. Nang makulong ako at makilala ang Diyos pinagsisihan kong lahat. 'Yon din ang dahilan kung bakit gusto ko humingi ng tawad, dahil nalinawan din ako na hindi lang ako ang may dala ng bigat ng nangyari. Kung dinala ko 'yon ng matagal na panahon, alam kong gano'n din kayo."**

Hindi ko alam kung bakit pero kusa na lang akong naiyak. Bumalik sa'kin ang mga nangyari ng kidnapin niya kami ni Aries. Ang mga gabi na naghahanap kami ng daan para makatakas at magkatabi kaming matulog dahil sa lamig at takot. Ang araw na tinangka na niya kaming paglayuin. Ang oras na atakihin ko siya gamit ang posas. At nang saksakin ko ang kapatid ko.

Gusto kong ipagpasalamat ang mga panahon na hindi ko 'yon maalala. Wala akong troma na paulit-ulit na pahihirapan ako. Wala akong pagdurusa na minsan sa buhay ko nangyari sa'kin ang bagay na 'yon. Pero kapag naiisip ko na naghirap si Aries dalin 'yon sa sarili niya, kinakain ako ng konsensya ko.

Dinala ng kapatid ko lahat ng paghihirap ng gabing 'yon. At ako iniisip lang kung bakit ayaw na niya kong kausapin pa. Ang kapal ng muka mag-enjoy sa buhay habang may isang taong sinalo ang dapat na paghihirap ko din.

At lahat ng 'yon pinagdaanan namin dahil pinili ng lalaking 'to na gawan kami ng masama.

**"Kababalik lang ng ala-ala ko sa pangyayaring 'yon."** nahampas ko ang dibdib ko. **"Naalala ko ang ginawa ko sa'yo at ang ginawa ko sa kapatid ko."** malalim akong huminga. **"sobrang sakit sa'kin na dinala niya mag-isa ang lahat ng troma at ako patuloy sa buhay dahil walang maalala."** napahagulgol na ko ng iyak kaya agad akong pinantayan ni Keifer sa pagluhod gamit ang isang tuhod. **"Hindi ko maintindihan kung bakit ang dali lang mandamay ng inosente ng mga taong kagaya mo."**

**"I think you should leave,"** sabi ni Keifer kay Ares pero agad ko siyang pinigilan.

**"Hindi. Wag kang aalis, gusto kong isumbat sa'yo lahat!"** Galit na sabi ko.

Nanatili siyang nakaluhod. Nakayuko at hindi makaharap sa'kin.

**"It's unsafe for your mental health."** pagpipilit ng Hari pero umiling lang ako.

**"Galit na galit ako at awang-awa sa kapatid ko! Muntik ko na siyang mapatay ng gabing 'yon!"** sumbat ko at inabot siya para paghahampasin.

Pinigilan ako ni Keifer pero dahil sa pagpupumiglas ko nalaglag ako sa upuan dahilan para mas maabot ko pa siya. Sunod-sunod na suntok, sabunot at sampal ang natamo niya sa'kin pero hindi siya lumaban. Tinanggap niyang lahat.

**"Kung hindi mo kami kinidnap, hindi mangyayari sa'min 'yon!"**

Hinawakan ni Keifer ang magkabilang braso ko para pigilan ako. **"Please stop. You're hurting yourself."**

Hindi na rin ako nagpumiglas pa. Dahil na rin sa panlalambot kusa akong tumigil. Nakasandal sa dibdib ng Hari habang patuloy sa pagiyak.

**"Ayos lang, isumbat mo lahat. Saktan mo ko kung 'yun lang ang paraan para mapatawad mo ko."** sabi ni Ares sa'kin.

**"Mister."** agaw ni Keifer sa atensyon niya. **"Please shut up."**

Dinig ko ang paglapit sa'min ng mga crew ng coffee shop. May tatlo yata silang nagtatanong kung anong problema pero nanghingi lang ng tubig si Keifer sa kanila.

Agad namang inabot ng isa sa kanila ang baso ng tubig. Pinainom ako ni Keifer na sinubukan ko pang tanggihan pero mapilit siya. Halos maubos ko ang laman ng isang baso. Nagawa naman akong pakalmahin no'n.

**"I really think he should leave. Mas mabuti kung sa ibang araw na lang ulit kayo magkita."** pamimilit ng Hari pero tinanggihan ko siya. **"Jay, kababalik lang ng alaala mo. You're torturing your brain with too much emotion."**

**"Ang dami ko pang gustong sabihin, pero alam kong mas marami sina Mama at Aries."**

Sandali akong natigilan sa sinabi ko. Totoong mas marami silang maisusumbat kumpara sa'kin. Kaya naman may pumasok na ideya sa isip ko.

**"Harapin mo sila, harapin mo si Mama at si Aries."** utos ko.

Halatang naguguluhan siya no'ng una pero naintindihan din niya gusto ko silang magkita ngayon.

Pinilit kong tumayo kahit nanlalambot pa rin ako. Umalalay naman ang Hari na nasa tabi ko.

**"Puntahan natin sila ngayon."** utos ko at kinuha ang bag ko na nasa paanan ng lamesa.

Nagpauna akong maglakad. Kita ko ang paglingon ng mga crew at customer sa'kin na para bang inaakusahan akong baliw dahil sa itsura ko. Agad akong sinundan ni Keifer at pinigilan sa paghawak sa'kin sa braso ko.

**"Jay, calm down."**

Hinawi ko ang braso niya. **"Mahinahon ako!"**

**"Then why are you inviting this guy...this kidnapper to your own home? Paano kung magkagulo kayo sa bahay? You can't handle too**

**much stress right now, kababalik lang ng piraso ng alaala mo."** bakas ang pag-aalala niya pero alam ko kung anong ginagawa ko.

**"Dahil kailangan niyang harapin sina Mama. Hindi lang naman ako ang ginawan niya ng katarantaduhan. Kaya bakit sa'kin lang siya hihingi ng tawad?"**

**"We don't know. Baka sinubukan na rin niyang kausapin ang Mother mo o si Aries."**

**"At paano kung hindi? Gusto lang ng lalaki na 'yan ng kapatawaran para makatulog na siya ng maayos sa gabi pero kung talagang nagsisisi na siya dapat lahat kami hingan niya ng patawad!"** galit na sabi ko at napatingin ako ng pintuan ng coffee shop ng makita ko siyang palabas.

Malalim na napabuntong hininga si Keifer. Halatang kontra siya at naiintindihan ko naman kung bakit. Nag-aalala siya. Kababalik lang ng ilang bahagi ng ala-ala ko tapos nakaharap ko ang isa sa nagbigay ng troma sa'min ni Aries*...o kay Aries lang.*

**"Okay, kung 'yan talaga ang gusto mo. I can't let you do this alone. Sasama ako para masigurong magiging maayos ka,"** sabi niya at lumapit sa kotse niya para buksan ang pinto sa kabila ng driver seats. **"Kahit alam kong hindi gano'n ang mangyayari."** dagdag niya habang palapit ako para sumakay.

Pagsara ng pinto, sinabihan niya si Ares na sundan kami. Meron naman siyang dalang kotse kaya hindi problema sa kanya 'yon.

Naging tahimik ako sa byahe at ganon din ang Hari. Nakatitig ako sa sideview mirror at tinatanaw ang kotse ng Tatay ni Aries. Sinisiguro na susunod nga siya at hindi magbabago ng isip.

**"I'm willing to pay millions just to read your mind right now,"**

Napanguso ako sa sinabi ng katabi ko. Sayang millioness niya. Parang buhol-buhol na sinulid ang utak ko ngayon. Lahat ng posibilidad naiisip ko na. Naririnig ko na rin ang malulutong na mura ng Nanay ko at ang galit na boses ni Kuya Angelo. Pati ang magiging reaksyon ni Aries naiisip ko na rin.

*Parang bigla akong nagsisi.*

Pero huli na para umurong. Kailangan kong panindigan 'tong desisyon ko.

Huminto ang kotse sa harap ng bahay. Sunod-sunod kaming bumaba. Ako ang unang pumasok at agad naman silang sumunod. Pagpasok ko sa pinto ng bahay si Aries ang bumungad sa'kin.

Umiinom pa siya ng juice habang naglalakad. Agad siyang napahinto ng makita ako.

**"Bakit ngayon ka lang? Saan ka naman dinala ng kumag na 'yon?"** may pagbabanta sa boses niya.

Lalapit sana siya sa'kin pero agad niyang nakita ang mga kasunod ko. Kitang-kita ko kung paanong mabilis na nagbago ang ekspresyon niya. Napuno ng galit ang mga mata niya.  Nagpabalik-balik pa ang tingin niya sa'kin at sa tao sa likod ko...*sa Tatay niya.*

Nabitawan niya ang baso ng juice at mabilis 'yong nabasag. Mukang naranig 'yon ng mga tao sa kusina dahil magkasunod na lumabas sina Tita Gema at Mama.

**"Nabasag ang baso. Ano bang - ?"** hindi na nagawang tapusin ni Mama ang sasabihin dahil sa kaparehong dahilan ng pagkabasag ng baso. **"I-Ikaw."**

Napatakip ng bibig si Tita Gema. **"Angelo!"** tawag niya kay Kuya habang hindi inaalis ang tingin sa Tatay ni Aries. **"Angelo bumaba ka dito!"**

Hindi ko alam kung narinig ba niya si Tita pero hindi ko na siya magagawang hintayin pa. Bahagya akong tumabi para iharap ng maayos sa kanila ang kasama ko.

**"G-Gusto daw niya kayong makausap,"** sabi ko at kita ko kung paano ako tignan ni Mama na parang sinaktan ko siya.

Hinarap ko si Ares at sinenyasan ko siyang pumasok pa. Dalawang beses siyang humakbang papasok pero huminto ng makita niya ang pagbaba ni Kuya Angelo mula sa hagdan. Nagtaka siya no'ng una kung sino ang kasama ko pero ng makalapit ay unti-unting siya nalinawan.

**"Hindi ba dapat nakakulong ka pa? Hindi pa tapos ang sintensya sa'yo,"** takang tanong ni Kuya.

**"Nabigyan ako ng parole,"** sagot naman ng katabi ko.

Humalukipkip si Kuya at tinignan ako at mga kasama namin. Napataas ang kilay niya ng makita si Keifer sa likod ko.

**"Congrats."** sarcastic na sabi ni Aries sa Tatay niya. **"Pwede ka ng umalis."**

Akmang aalis na ang kapatid ko pero sabay kami ng Tatay niya na sumigaw para pigilan siya. Agad niya kong hinarap ng marinig ang boses ko at mapagtanto ang ginawa ko. Puno ng pagtataka at pag-aakusa niya kong tinitigan.

*Hindi pa niya alam na bumalik na ang ala-ala ko sa nangyari.*

**"Gusto lang niyang makipag-usap at humingi ng tawad."** paliwanag ko.

Nanatili siyang tahimik at ganon din si Mama at Tita Gema. Wala kahit mahinang tinig ang maririnig sa kanila.

**"Jay..."** tawag ni Kuya sa'kin **"Sa kwarto ka muna."**

Ayoko sanang sumunod pero kita ko ang galit sa mga mata niya. Hinarap ko si Keifer para magpaalam. Sandali siyang ngumiti bago ako hayaang umalis.

**"Kailangan mo na ring umalis Keifer,"** sabi ni Kuya sa kanya bago ako tuluyang umakyat sa hagdan.

**"I know,"** sagot ng Hari ng mga Ulupong.

Kahit nakaakyat na ko at nakarating sa kwarto ko wala pa rin akong marinig na ingay mula sa kanila. Sinara ko ang pinto at napasandal do'n.

Alam ko namang mali ang ginawa ko pero gusto ko pa ring gawin. Gusto kong malaman kung totoo bang gusto niyang humingi ng tawad sa nagawa niya. Kasi kahit aminin ko man o hindi sa sarili ko baka kusa ko rin siyang mapatawad pagdating ng panahon, pero paano kung hindi naman pala totoo ang pagsisisi niya? Nagpatawad ako ng maling tao at nagbigay ng panibagong pagkakataon para gaguhin niya ko.

Pinili kong magbihis muna para makapagpahinga. Kinuha ko din ang cellphone ko at ang message ni Keifer ang unang bumungad sa'kin.

**From:** *GagongBaliw*

**Message:** *I hope you're okay, dito lang ako sa labas ng bahay ni'yo. Just in case.*

Pinili ko na lang na wag siyang reply-an. Hindi ko rin kasi alam ang isasagot ko.

Napahiga ako sa kama at tinitigan ang kisame. Nakikiramdam pa rin kung ano na ba ang nangyayari sa kanila sa Salas. Natatakot din ako na baka magkasakitan sila dahil sa galit kagaya ng ginawa ko kanina sa coffee shop.

Inabot na ng dilim sa labas pero wala pa rin akong nababalitaan sa kanila. Pinili ko ng itxt ang Hari sa pagbabaka sakaling may narinig o nakita siya pero wala akong nakuhang reply mula sa kanya. Nagsisimula na ring kumalam ang sikmura ko.

*Kaunting tiis pa!*

Pero hindi ko na matiis pa. Bumangon ako at dahan-dahang binuksan ang pinto ng kwarto ko. Sumilip pa ko sa labas pero parang walang nangyari. Tahimik na parang hindi tinitirhan ng tao and bahay. Dahan-dahan din ang naging lakad ko pero natigilan ako ng matanaw si Aries mula sa siwang ng pintuan niya.

Nakaupo siya sa dulong bahagi ng kama. Pinagmamasdan niya ang mga palad at halatang malalim ang iniisip. Gusto kong pumasok para kumustahin siya pero ang gago ko lang kung gagawin ko 'yon. Ako nagdala sa lalaking 'yon sa bahay kahit na alam na alam ko kung anong ginawa niya sa'min.

Tumuloy na ko sa balak kong pagpunta ng kusina. Dahan-dahan ulit paghakbang ko at pagbaba ng hagdan. Palapit na ko ng marinig kong nag-uusap si Mama at Tita Gema. Natigilan ako dahil sa pagiyak niya.

**"Ganon na lang 'yon?"** tanong niya. **"Sa lahat ng kahayupan niya, patawad na lang?"**

**"Handa naman siyang magbayad ulit sa kasalanan niya. Ipakulong ulit natin."** suhestiyon ni Tita.

**"Tapos palalayain din?"**

Dinig ko ang mahinang paghagulgol ng Nanay ko. Literal na nadurog ang puso ko.

*Iba pala kapag Nanay mo na ang umiiyak dahil sa sakit.*

Maling-mali talaga ang ginawa ko. Binuksan ko lang ang sugat na ginawa niya. Ni hindi pa nga yata tuluyang naghihilom ang mga 'yon. Huli na para magsisi ako.

**"Ang mga anak ko! Nagdusa sila ng dahil sa kanya! Paano ko siya patatawarin? Hindi pa siya bayad sa panghahalay niya sa'kin!"**

Natakpan ko ang bibig ko sa pagkabigla.

*Anong ginawa ko?*

Mas higit pa pala sa inaakala ko ang kawalanghiyaan niya. Buong akala ko inabanduna lang niya si Mama habang pinagbubuntis si Aries. Kusa naglandas ang mga luha ko at sumabay sa hagulgol ng Nanay ko.

*Napaka-sama ko.*

Hindi ko sinasadya. Hindi ko alam na gano'n ang dinanas niya sa lalaking 'yon.

Mabilis akong naglakad pabalik sa kwarto ko. Dahil sa panlalabo ng mata, makailang beses akong natisod sa baitang ng hagdan. At malapit na ko sa pinto ng kwarto ko meron naman akong nabunggo.

**"S-Sorry,"** sabi ko bago siya tignan.

Lalo akong nanlumo ng makita ko ang walang buhay na mga mata ni Aries na nakatingin sa'kin. Halatang wala rin siyang gana. Hindi ko siya magawang tignan kaya napayuko ako bago sinubukan siyang lagpasan pero humakbang siya para harangan ako.

**"A-Aries."**

**"Bakit Jay? Bakit nagawa mong dalin dito ang halimaw na 'yon?"** nanlulumong sabi niya.

Hindi ako makasagot. Napahikbi lang ako bago siya subukang abutin pero tinabig lang niya ang kamay ko.

**"Is this your revenge? Are you getting back to me for having a communication with your Dad? For keeping him secretly from you? For calling him Papa? For treating him like my own Father?"** sunod-sunod na tanong niya at hindi nakaligtas sa'kin ang pagpatak ng luha niya.

*Sorry...*

**"Ha? Ito ba? Gumaganti ka? Kasi kung oo, you did a great job."** Napayuko siya bago mahilamos ang muka gamit ang dalawang kamay. **"Ang sakit ng pagganti mo."**

Paghagulgol lang ang naging sagot ko. Hindi ko alam kung paano ko ipapaliwanag ang dahilan ko. Hindi ko alam kung anong tamang salita ang dapat kong gamitin.

**"Panalo ka na. Nakaganti ka na."**

Balak na sana niyang bumalik sa kwarto niya pero hinawakan ko ang dulo ng shirt niya. Huminto siya at makailang beses huminga ng malalim bago ako harapin.

**"H-Hindi...gano'n - "**

**"Hindi mo nga pala alam."** putol niya sa sasabihin ko. **"Hindi mo nga pala maalala."**

*Mali ka. Naalala ko.*

**"Sa kanya nagsimula lahat. Lahat-lahat ng paghihirap ko...natin. Kung hindi niya tayo kinidnap, kundi hindi niya tayo kinulong sa basement, kundi hindi lang niya tayo pinaglayo ng gabing 'yon. Hindi mo sana ako - "** Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin.

Pero alam na alam ko ang karugtong no'n. *Hindi ko sana siya masasaksak.*

Halatang pinipigilan niyang wag masabi ang mga huling salita. Punong-puno siya ng panunumbat pero hindi niya magawang sabihin.

**"Hindi mo kasi naalala. Nang gabing 'yon - "**

**"Aries."** pigil ni Kuya sa kung ano mang sasabihin niya.

Tinignan ko siya at kita ko ang disappointment sa mga mata niya. Nilapitan niya ko at hinawakan ang kamay ko para bumitaw sa damit ni Aries.

**"Hayaan mo ng magpahinga si Aries. Masyado ng maraming nangyari."** sabi niya at kusang pumasok sa kwarto ang kapatid ko ng hindi ako nililingon.

Hinatak ako ni Kuya pabalik sa kwarto ko. Sinamahan niya ko hanggang sa loob at sinara ang pinto.

**"Calm down and I want to talk to you about what you did."** utos niya at ginawa ko naman.

May ilang beses ko pang pinunasan ang muka ko para lang masabi na kalmado na ko pero hindi pa rin nagpapatigil ang paghikbi ko. Nakaupo ako sa gilid ng kama ko habang yakap ang binti at tuhod ko.

**"What's your reason for bringing that guy here? Tinanong mo muna sana kami. Palibhasa kasi hindi mo naalala ang lahat ng ginawa niya."**

*Mali ka.*

**"Naalala ko."** pagtatama ko sa sinabi niya at kita ko ang pagtataka niya.

**"What?"**

**"Naalala ko na ang nangyari ng gabing 'yon."** tinignan ko siya. **"Naalala ko rin ang pagtatangka ko sa buhay ni Aries."**

Ang pagtataka sa itsura ni Kuya ay napalitan ng pagaalala. Agad siyang lumuhod gamit ang isang tuhod para pantayan ako.

**"Kailan pa?"**

**"Kaninang umaga."** napaiyak na naman ako. **"Kinakain ako konsensya, Kuya. Ayoko munang magpakita sa kanila, please."** pakiusap ko.

Puno ng simpatya niya kong tinitigan. Nagpapasalamat ako at mukang naintindihan naman niya ang sitwasyon ko.

Napatango siya bago tumayo. **"Ayusin mo ang gamit mo. Ililipat muna kita sa unit ko."**

At nang gabing 'yon, tahimik kaming umalis sa bahay.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 361

***A/N:*** Surprise update. haha Next week ko pa sana update lahat but you guys seem so stress with the Election. Hope this chapter helps you.

I want a healthy environment so please don't meantion any political topics.

**In-law**

***Jay-Jay's POV:***

Kung hindi lang siguro mabigat ang nararamdaman ko dahil sa nangyari o kaya man ay hindi ako nakokosensya sa ginawa ko, malamang na magdamag kong hahangaan ang unit ni Kuya.

*Akala ko karaniwang Condominium Unit lang.*

Kalahati ng floor yata ang sakop ng unit niya. Hindi ko nga alam kung pinto ba ng kapitbahay niya ang nakita ko kagabi bago pumasok. Halos wala akong maramdamang tao sa building na 'to. Pero maraming security sa ground floor.

Mahigpit kong niyakap ang dalawang snorlax na dinala ko hanggang dito. Hindi ako makakatulog kung wala sila. Hindi baleng maiwan ko ang cellphone ko wag lang ang mga 'to.

*Pampapatulog ko 'to.*

Sandali akong napatitig sa malaking bintana ng kwarto. Palibhasa nasa mataas na building kami kahit hindi na lagyan ng kurtina o blinds, ayos lang. Tingin ko madaling araw na dahil nagkakaroon na ng kaunting liwanag ang langit. Malalim akong napabuntong hininga.

Bumangon ako at kinuha ang cellphone ko sa bedside table. Tama nga ako dahil 5:29AM na. Hindi ako nakatulog ng maayos. Matagal bago ako nakatulog at may ilang beses din akong nagising. Kahit hanggang sa panaginip ko hinahabol ako ng konsensya ko at pati ng mga alaala ko sa Tatay ni Aries.

Minabuti kong tumayo na at ayusin ang hinigaan. Malaki ang kama dito kumpara sa kama ko sa bahay. Dahil hindi rin ako nakatulog ng maayos hindi masyadong nagalaw ang kumot at sapin. Hindi ko mapigilang pagmasdan ang kabuuan ng kwarto. Halatang lalaki ang nakatira dahil panlalaki ang kulay ng lahat ng gamit at pader.

Nilapitan ko ang study table kung saan ko binaba ang mga gamit na dala ko. Malaki-laking travel bag din ang nahatak ko at pinagsiksikan karamihan ng damit ko. Nilabas ko ang uniform ko at pilit inunat mula sa pagkakalukot.

*Mukang kailangan ko manghiram ng plantsa kay Kuya.*

Lumabas ako ng kwarto at nagbaka sakali na gising na siya. Hindi naman ako nabigo dahil nasa kusina na siya at naghahanda ng almusal. Meron din siyang kausap sa cellphone.

**"She'll be fine with me..."** nilipat niya ang phone sa kabilang tenga at inipit ng balikat. **"...I'm not sure. It depends on how long she would like to stay here."**

Mukang ako ang tinutukoy niya sa kausap niya. Naupo ako sa isa sa mga mataas na stool sa harap ng island table at hinintay siyang matapos makipag-usap.

Malaki ang kusina niya.  Kagaya sa kwarto, brusko din ang kulay ng pintura sa kusina. Kumpleto sa gamit kagaya ng malaking oven, double door na ref at mga appliances na makikita sa mga sosyaling chef sa tv.

**"Please look after Aries and Tita Jeana. Bye,"** dagdag niya bago tuluyang ibaba ang phone.

Napalingon siya sa side ko at sandaling natigilan ng makita ako.

**"Good morning,"** bati ko.

**"Good morning. Halatang kulang ang tulog mo,"** sagot niya at kusa akong napahawak sa muka ko.

**"Putol-putol ang tulog ko."**

Tinuloy niya ang ginagawang paghahanda ng almusal. Hindi rin naman nagtagal ng matapos siya at ibaba sa harap ko ang sinangag, hotdog, ham, itlog at bacon. Medyo nagtaka nga lang ako dahil parang sobra para sa dalawa ang luto niya.

*Alam kong matakaw ako pero sobra pa rin.*

**"Pakilipat sa lamesa,"** utos niya sa'kin na sinunod ko na naman.

Agad din siyang sumunod sa'kin dala ang tatlong tasa ng kape. Nakahanda na sa lamesa ang placemat, mga plato at mga kubyertos. Dahil sa bilang ng mga gamit at pagkain, malinaw na sa'kin na merong parating na bisita.

**"Para kanino ang isa?"** tanong ko.

**"Someone you know."**

Napanguso ako. Sino naman kaya ang tinutukoy niya? Wala naman akong kilala na pwedeng magpunta dito at ka-close niya. Halos lahat ng kilala kong kilala niya takot sa kanya. Tapos magkakalakas pa ng loob pumunta dito para kumain ng almusal.

*Si Ci-N kaya?*

Parang malabo, hindi naman niya alam na nandito ako at hindi rin niya alam ang address ng unit ni Kuya. Marami din siyang pagkain sa kanila kaya hindi na 'yon makikikain dito. Unless na lang naubos ang supply niya sa isang kainan.

Tinalikuran niya ko para pumunta sa kwarto niya. Paglabas niya hawak na niya ang iPad at naupo sa bangko. Naupo na rin ako at nagsimula ng magsandok ng pagkain. Hindi pa ko nakakasubo ng pagkain nang tumunog ang doorbell.

*Ayan na siya, sino kaya?*

Tumayo si Kuya para buksan ang pinto mula sa intercom. Malakas na tili ang una kong narinig kasunod ng pagsara ng pinto.

**"I miss you pogi!"** boses ng pamilyar na babae.

Nangunot ang noo ko. Tama ba ang dinig ko? Bakit parang boses ni Honey ang narinig ko? Pero bakit naman siya pupunta dito?

Kusang humakbang ang mga paa ko para silipin kung sino ang dumating. Mahina pero mabilis ang lakad ko. Paglapit ko, agad akong napaatras sa nabungaran ko. Napanganga ako habang nakatitig sa kanilang dalawang abala sa paghahalikan. Nakahawak pa si Kuya sa bewang niya. Gusto kong sumigaw ng malakas-lakas pero ipit na hangin lang ang lumabas sa bibig ko.

*Si Kuya nakikipaghalikan. Yaaahhh!!*

At nang tumigil sila mas lalo akong napanganga. Parang gusto kong mandiri, na matakot, na mag-alala at maiyak. Tama ang pamilyar na boses na narinig ko. Si Honey na nagawa pang humabol ng halik kay Kuya habang nakayapos sa leeg niya.

**"Hindi mo ko na-miss, pogi?"** malambing na tanong niya.

Gusto kong masuka. Hindi pa ko kumakain mula kagabi kaya malamang na isuka ko ang bituka at atay ko. Kung mamasamain malamang damay ang baga at puso ko.

*Pwede rin pati utak.*

**"I guess, I do."** parang pilit na sagot ni Kuya. **"My cousin is here by the way."**

**"Who?"** tanong niya na mabilis ding nasagot ng makita niya kong nakatayo sa hindi kalayuan sa kanila.

Nakanganga pa rin sa eksenang naabutan ko. Hindi na 'yon mabubura sa utak ko. Gusto kong dukutin ang mga mata ko dahil pakiramdam kasalanan nila kung bakit ko nakita ang dalawa sa ganong eksena.

Kung mawawalan ulit ako ng alaala baka pwedeng kasama ang nakita kong ginagawa nila? Malamang na dalhin ko 'yon hanggang panaginip. Hindi ko kakayanin kung hanggang sa pagtanda ko babalik at babalik sa isip ko 'yon.

*Ihampas ko kaya ulo ko?*

Bumitaw sila sa isa't-isa at nakangiting lumapit sa'kin ang bruha.

**"Now you know. Tatawagin na ba kitang cousin-in-law?"**

*Ay putangina hindi!*

Agad akong lumingon kay Kuya na parang nagmamakaawa sa kanyang tadyakan ang babaeng to palabas ng unit niya. Pero hindi niya ko pinansin at dumiretso na sa Dining para maupo sa pwesto niya kanina.

Kumindat sa'kin si Honey bago kekembot-kembot na sumunod sa kanya. Nag-init ang mga mata ko ng makita ang kabuang niya. Fitted na skirt at off shoulder na crap top ang suot niya. Terno pa ang disenyo. Labas ang balat sa likod at ang pusod na may peircing pa.

Kunsumeng-kusume ang itsura ko habang palapit sa Dining at maupo sa pwesto ko.  Agad na hinarap ni Kuya ang iPad niya at si Honey naman ang nag-asikaso sa pagkain niya. Nagawa pa niyang subuan si Kuya.

Parang wala lang naman kay Kuya ang ginagawa sa kanya ng babaeng bruha na 'to. Masyado siyang abala sa binabasa niya sa iPad.

Kumain na lang ako kahit parang gusto ko na siyang sipain sa muka. Todo smile pa siya at asikaso sa pinsan ko. Hindi ko mapigilang panoorin sila kahit pilit kong nililipat ang atensyon ko sa kinakain ko. Makailang beses akong nasamid ng amoy-amoyin ni Honey ang balikat ni Kuya.

**"Ang bango ng amoy mo,"** sabi niya at inamoy pa sa leeg ang pinsan ko. **"Amoy nananakal sa kama."**

Literal kong nabuga ang kanin sa bibig ko. Bukod sa napaso ako dahil mainit ang nasubo ko, hindi ko rin kinaya ang mga narinig ko mula sa kanya.

*Tangina. Tama na 'tong kalokohan na 'to!*

Agad akong uminom ng tubig at tumayo. **"Tapos na kong kumain,"** sabi ko habang dala ang pinagkainan ko.

Binaba ko 'yon sa lababo at iniwan silang dalawa sa lamesa. Dali-dali akong pumasok ng kwarto. Pagsara ko ng pinto agad kong pinagpag ang sarili ko na para bang dinikitan ako ng bacteria. Nagkikisay din ako na para bang nandidiri ako sa hangin na dumapo sa'kin.

Ngayon lang ako kinilabutan ng gano'n. Hindi naman ako nandidiri kay Honey o kay Kuya pero hindi ko lang talaga kinakaya lalo na't kilala ko ang bruhildang 'yon. Kaya pala napagod ng habulin si Percy dahil si Kuya na ngayon ang kinakalantari niya.

Sandali akong natigilan. Si Kuya Angelo ba ang tinutukoy niyang boyfriend?

*IMPOSIBLE!*

Wala namang pinapahiwatig si Kuya sa'min na may girlfriend na siya. Hindi rin naman issue 'yon kay Tita Gema kaya wala siyang dahilan para itago na may jowa na siya. Ang hirap maniwala.

Inayos ko na lang ang damit ko bago dumiretso sa banyo para maligo. Nasanay akong nagmamadali dahil naghihintay sa'kin si Aries pero ngayon hindi ko kailangang gawin 'yon. Hindi na rin niya ko kailangang hintayin.

Napayuko ako. At least ngayon walang abala sa kanya. Walang nagpapabagal sa kanya. Walang mangungulit sa kanya. At higit sa lahat hindi niya kailangang tiisin ang pakikisama sa'kin. Malaya siyang magalit sa lahat ng ginawa ko.

*Hinding-hindi ako magre-reklamo.*

Natapos akong maligo at mag-ayos. Hindi ko na nagawang plantsahin ang uniform ko. Paano pa ko manghihiram ng plantsa eh abala na sa paglalandian. Nakakahiya namang istorbuhin. Pinilit ko na lang unatin ang blouse ko gamit ang palad ko.

Nang masiguro kong maayos na lahat ng gamit ko tsaka ako lumabas. Napangiwi ako ng makita kong naka-kandong na si Honey kay Kuya. Nagpanggap na lang akong hindi ko nakikita ang ginagawa nila. Dire-diretso akong naglakad palapit sa pinto.

**"Alis na ko Kuya,"** paalam ko ng hindi sila nililingon.

**"Wait, sinong maghahatid sa'yo?"**

**"Classmate ko,"** mabilis kong sagot at agad na binuksan ang pinto para makalabas.

Alam kong itatanong niya pa kung sino. Alam ko ding delikado pa rin para sa'kin kaya niya inaalam ng mabuti. Kayalang baka lalo lang akong magtagal kung sasagutin ko pa mga tanong niya. Eh ayoko na nga silang makita ng bubuyog na 'yon.

Napabuntong hininga pa ko bago simulang maglakad pero natigilan ako ng marinig ko ang pagbukas ng pinto. Buong akala ko na sinundan ako ni Kuya at pinto ng unit niya 'yon kaya nilingon pero ibang pinto ang nakita kong bumukas. Tama nga ako na may kapitbahay pa si Kuya at dalawang unit ang nasa isang floor.

Gano'n na lang ang panlalaki ng mata ko ng makita ko kung sino ang lumabas sa kabilang pinto. Naka-uniform at magulo pa ang buhok ng Hari ng mga Ulupong. Kasunod niya ang dalawang kapatid na mukang minadali pa niya sa pag-aayos.

Natigilan sila ng makita akong nakatingin din sa kanila.

**"Jay? What are you doing here?"** tanong ng Hari at napatingin sa katapat kong pinto. **"Oh, are you with Angelo?"**

Tumango ako. **"Kayo? Bakit kayo nanggaling dyan?"** balik tanong ko sabay turo sa pintong pinanggalingan nila.

**"We stayed here last night. May casualties sa bahay."**

Napa-tango-tango ako para sabihing naiintindihan ko. Hindi nakaiwas sa paningin ko ang malalim na pagtitig sa'kin ni Keigan. Pakiramdam ko tuloy sinusuri niya ang kaluluwa ko.

**"Sumabay ka na sa'min. Ihahatid ko lang sila,"** pag-aaya ni Keifer.

Hindi ko maalis ang tingin ko sa mga kapatid niya. **"K-Kung ayos lang sa kanila?"**

**"Like a have choice."** masungit na sagot ni Keiren.

**"Ayos lang."** Tipid na sagot ni Keigan at ngumiti.

Hindi ko maiwasan pero parang may meaning ang ngiti niya. Para bang meron siyang iniisip na masama o panghuhusga tungkol sa'kin.

*Anong problema niya sa'kin?*

**"Let's go,"** aya ni Keifer at nagpauna na maglakad.

Sumunod kami sa kanya at dahil katabi na niya si Keiren, nakasabay ko sa paglalakad si Keigan. Kagaya kanina gano'n pa rin siya makatingin sa'kin. Hanggang sa makasakay kami sa elevator at makarating sa parking, paminsan-minsan kong nakakasalubong ang mga tingin niya.

Paglapit sa kotse nagsimula na kaming magkalituhan kung sino ang uupo sa tabi ng driver at sa passenger seats. Bandang huli si Keifer ang nagdecide kung saan kami pupwesto.

**"Keigan and Keiren sa likod kayo. Jay-Jay will sit beside me dahil iisa lang naman kami ng destination,"** sabi niya at kita ko ang inis sa muka ni Keiren pero walang paki si Keigan do'n.

Pagsakay sa kotse, nagkaroon ako ng kakaibang pakiramdam na para bang merong nanood sa'kin. Napatingin ako sa rearview mirror at mabilis kong nahuli ang mga mata ni Keigan. Ngumiti siya sa'kin pero halatang peke naman.

*Kanina ka pa.*

**"Hey, are you okay?"** tanong ni Keifer ng mapansin ang katahimikan ko.

Tumango ako at nagpilit ng ngiti.

Una kaming nagpunta sa school ni Keiren. Kahit maaga pa sobrang dami na ng sasakyan. Hindi maiwasan na ma-traffic kami. Napilitan tuloy bumaba si Keiren at Keifer para lakarin ang entrance ng school. Naiwan kami ni Keigan na agad kong kinailang.

**"You're a trash, you know,"** sabi niya na kinagulat ko.

Agad akong lumingon pero napatigil din sa sasabihin ng makita kong may kausap siya sa cellphone. Bumalik na lang ako sa pagkakaupo ng maayos.

*Bakit parang ako ang sinasabihan niya?*

**"You are fvcking disgusting. I don't understand why are you with us?"**

Kakaiba ang pakiramdam ko habang pinapakinggan ang mga sinasabi niya. Kita ko sa rearview mirror na meron pa rin siyang kausap pero pakiramdam ko para sa'kin ang mga sinasabi niya. Hindi ko inaalis ang mga tingin ko sa kanya mula sa salamin.

**"Your existance is an eyesore."**

**"You're a worthless piece of shit."**

**"You smell like a rotten trash. I can smell you here."**

**"You are more disgusting than a rotten dead animal."**

**"Someone like you shouldn't be with the same area around us."**

**"We shouldn't be breathing the same air."**

**"I really hate watching you walking, alive and smiling. You don't deserve it."**

Nailang ako sa mga sinabi niya. Kahit hindi siya nakatingin sa'kin pakiramdam ko para sa'kin talaga ang mga salitang binibitawan niya. Hindi ko maiwasang ma-conscious sa sarili ko.

*Mabaho ba ko?*

Pasimple kong inamoy ang damit ko, pero malabong malaman ko kung may amoy ako dahil sanay ang ilong ko sa amoy ko o ng damit ko.

Dumating si Keifer at mabilis na sumakay. **"Hey, is everything okay?"**

**"A-Ayos lang,"** sagot ko kahit alam ko namang hindi talaga.

**"Yeah. We're good,"** sagot naman ni Keigan at ngumiti ng matamis sa Kuya niya.

Sandali ko siyang tinignan sa salamin at nagkasalubong ang mga mata namin. Minuwestra niya ang kamay palapit sa ilong na para bang meron siyang naaamoy na mabaho. Nangunot ang noo ko pero pagngiti lang ng matamis ang sinagot niya.

Pinili ko na lang tumingin sa labas ng bintana kahit naiirita na talaga ko. Hindi ko alam kung anong problema niya sa'kin pero hindi ako tanga para hindi maramdaman na ayaw niya sa'kin. Malamang na para sa'kin nga talaga ang masasakit na salitang binitiwan niya sa kausap.

Sa totoo lang ibang-iba ang Keigan na kasama namin ngayon sa nakaharap ko dati. No'ng unang beses kaming nagkita at nagkakilala sa mansyon nila masyado siyang mabait at magalang. Malayong-malayo sa kasama namin ngayon sa kotse.

*May mali sa kanya.*

Sunod naming pinuntahan ang school ni Keigan. Hindi kagaya kanina, maluwag ang traffic kaya mabilis siyang nakababa at nakapasok sa entrance gate ng school.

**"Kanina ka pa tahimik. May problema no?"** tanong ni Keifer habang minamaneho ang kotse.

Napanguso ako. **"May amoy ba ko?"**

Naguluhan siya no'ng una pero naintindihan din niya ang ibig kong sabihin ng amuyin ko ang damit ko.

**"Well, you smell like 99.9% of dead germs."**

Napangiwi ako. Sabon ko yata ang tinutukoy niya.

**"'Yun lang? Hindi ako amoy basura o bulok na hayop?"**

Umiling siya. **"Of course not. Bakit ka naman mag-aamoy basura o bulok na hayop?"**

*Sabi ng kapatid mo.*

**"W-Wala. Meron kasi akong naamoy kanina."**

Binalik niya ang atensyon sa pagmamaneho. Huminto kami sandali dahil sa red traffic light. Napansin ko kagad ang kamay niyang may sugat at pulang-pula.

**"Anong nangyari dyan?"** tanong ko habang nakaturo sa mga sugat sa kamay niya.

**"Casualties. May sumugod sa bahay."**

Agad akong binalot ng pag-aalala. **"Sino? Wala namang napuruhan sa inyo?"**

Ngumiti siya sa'kin na para bang sinasabi niya na okay lang ang lahat. Nagawa pang bumitaw ng isang kamay niya sa manibela para abutin ang kamay ko at halikan 'yon.

**"Wala naman. Good thing hindi rin naapektuhan ang mga kapatid ko."**

Hindi pa rin nawawala ang pagaalala ko. **"Sino sumugod sa inyo?"**

**"Mga tauhan ng halimaw,"** sabi niya na may seryosong tono.

Ang Tatay niya ang tinutukoy niya. Napatitig ako sa kamay niyang nakahawak sa kamay ko. Hindi ko maintindihan kung bakit may mga Tatay na kagaya nila. Handang saktan ang sariling mga anak para lang makuha ang mga gusto nila.

*Ang Tatay niya at ang Tatay ni Aries.*

Totoo nga na lahat ng anak dapat may magulang pero may mga magulang na hindi na dapat magkaanak. Kaya minsan nagpapasalamat ako na ganito lang ang dinanas ko sa totoong Tatay ko. Nagkalayo lang at hindi pwedeng magkita. Baka hindi ko kayanin kung pareho sila ni Mama na sira na ang relasyon sa'min.

Hanga din ako sa mga ka-edad kong nakakatagal kahit wala ng magulang o kaya man sira na ang relasyon sa magulang. Nagagawa nilang magpatuloy kahit tinalikuran na sila ng dapat na sumusuporta sa kanila.

**"May I know why are you in Angelo's unit?"** putol niya sa iniisip ko.

Dahan-dahan kong binawi ang kamay ko. Palihim kong diniinan ng kuko ang palad ko.

**"Kasi... Nagkamali na naman ako."** Halos pabulong kong sagot. **"Nagalit sa'kin si Aries dahil sa pagdala ko sa Tatay niya. Nalaman ko din na hinalay pala niya si Mama kaya nabuo ang kapatid ko."** nakagat ko ang ibabang labi ko para subukang pigilan ang mga luha ko.

Agad na inihinto ni Keifer ang kotse. Mabilis niyang tinanggal ang seatbelt niya para mayakap ako. Mahina akong umiyak sa mga bisig niya.

**"You didn't know that story of your Mom with him. Gusto mo lang naman malaman kung totoo ba ang paghingi niya ng tawad at gusto mo ring gawin niya 'yon sa harap ng kapatid at Nanay mo. You never want to hurt them."**

Napahawak ako sa braso niya bago tuluyang humagulgol ng iyak. Hindi ko ginusto 'yon. Ayoko silang masaktan pero tanggap ko kung magalit sila sa'kin. Karapatan nila 'yon.

*Lalo na si Aries.*

**"Pakiramdam ko napakasama ko."**

**"No, you are not,"** sagot niya bago halikan ang ulo ko.

Hinayaan niya kong umiyak nang umiyak. Hindi ko alam pero lumalabas talaga ang kahinaan ko sa harap niya. Hindi ako natatakot na ipakita 'tong parte ko na 'to sa kanya. Pakiramdam ko hindi niya ko mahuhusguhan kahit magmuka akong halimaw sa kakaiyak. Sa kanya ko pa lang nagagawa ang bagay na 'to. Nakakaiyak ako sa harap ni Aries at mga Ulupong pero limitado lang at napipigilan ko pa.

*Kay Keifer ko lang ibubuhos lahat ng luha ko.*

**"Hindi ko alam kung kakayanin ko pang umuwi sa bahay. Hiyang-hiya ako sa ginawa ko."**

**"Then don't. You can stay with me. I wouldn't mind,"** sagot niya at dinig ko ang mahina pero mapang-asar na pagtawa niya.

Kinagat ko siya sa braso at agad naman siyang napasigaw. Hindi nga lang niya ko matulak dahil yakap-yakap niya ko. Bumitaw lang siya ng bitawan ng ngipin ko ang braso niya.

Pinunasan ko ang muka ko bago siya tignan ng masama. **"Ang seryoso ng usapan di ba?"**

**"Seryoso din naman ako,"** sagot niya habang himas-himas ang braso.

**"Sa unit na ko ni Kuya nag-stay."**

**"Bisitahin kita. We're neighbors anyway,"** sagot niya at ngumiti.

Napanguso ako. Buti kung pumayag si Kuya na dalawin niya ko. Mas mabuti kung ipagpaalam ko.

*Eh, gusto rin?*

Huminga ako ng malalim bago ayusan ang sarili ko.

**"Are you okay now?"** tanong niya bago paandarin ang kotse.

Tumango ako. **"Medyo. Salamat sa pakikinig."**

**"Anytime. I'm always here for you."**

Bigla akong natahimik. Bumalik na naman sa'kin ang mga dahilan kung bakit dapat ko ng sagutin si Keifer. Halos lahat nagagawa niya para sa'kin. Bumawi, humingi ng tawad, patunayan ang sarili, damayan ako at bigyan ng payo. Idagdag pang mahal ko siya. *Hehe, mahal.*

*Ano pa bang hinihintay ko?*

**"Keifer..."** kuha ko sa atensyon niya. **"Gusto ko lang sabihin na..."** napalunok ko habang nakatingin sa kanya.

Halatang hinihintay din niya ang susunod kong sasabihin kahit hindi magawang tumingin sa'kin.

**"T-Tayo... na."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 362

**A/N:** This is my second update. Next week na ulit ang isa. haha

Sa nagtatanong kung saan na ko mag-update. Ayusin ko muna mga dapat kong ayusin. I will let you know my next plan.

I have Kumu Live on WattpadPH on May 12 at 9PM. Nood po kayo. hehe

**Neighbors**

***Jay-Jay's POV***

Gusto ko lang malaman. Bakit kailangang malakas ang busina ng sasakyan? Bakit kailangang malakas na hindi na maririnig ang sinasabi ng tao? At bakit bumubusina ang lintik na sasakyan?

Nasa loob na kami ng school. Hindi na kailangang bumusina.

*Tang'nang busina 'yan.*

**"Sorry, I didn't hear you."**

*Halata nga.*

**"Tayo na..."** napangiwi ako. **"Tayo na sa classroom baka mahuli tayo,"** aya ko bago tanggalin ang seatbelt at buksan ang pinto ng kotse.

Agad naman siyang sumunod sa'kin. Nakasibangot ako habang tinitignan ang mga naka-park na sasakyan.

Malaman ko lang kung sino ang nagbusina na 'yon, basag salamin ng kotse niya. Gusto yata niyang mabingi kami. Kung todo pindot sa busina, samantalang hindi naman kami nakaharang sa daan.

*Hindi tuloy niya narinig.*

Nawalan na tuloy ako ng gana sabihin sa kanya. Sa susunod na lang ulit siguro. Baka hindi pa talaga oras para maging kami.

**"Nag-almusal ka na ba?"** tanong ng Hari at napahinto naman ako sa pagsibangot.

**"Kaunti lang. Naalibadbaran kasi ako kay Kuya at Honey, nawalan ako ng gana."** sagot ko at tinuro naman niya ang daan papuntang cafeteria.

Kusa naman akong sumunod. Sinabi ko sa kanya ang nasaksihan ko sa pinto ng unit ni Kuya at kung anong reaksyon ko. Lahat na yata ng sama ng loob ko kanina nailabas ko sa pagku-kwento sa kanya.

**"Maganda naman si Honey, kaso hindi ko talaga sila nakikita bilang mag-jowa,"** sabi ko at bahagyang tumaas ang mga balikat ko dahil sa kilabot.

Bahagya siyang tumawa. **"No, they're not dating."**

Tinignan ko siya sandali bago pumasok ng cafeteria. **"Paano mo nasabi?"**

**"Your cousin don't take relationship seriously. May ibang mahal 'yon,"** paliwanag niya.

*Si Kuya? Merong mahal?*

Parang wala sa itsura ni Kuya na merong kinahuhumalingang babae. Ni wala nga akong maalala na meron siyang sinabihang maganda o pinakitaan ng interes. Kaya ganon na lang din ang gulat ko sa kanila ni Honey.

**"Sino naman?"**

Nagkibit balikat lang siya sa'kin bago ituro ang menu sa harap namin. Dahil maaga pa, halos kakatapos lang mag-ayos ang mga tindera. Tapsilog lang ang inorder ko dahil baka malate kami sa klase kung marami pa kong oorderin. Namili din siya ng almusal niya at drinks namin.

Agad akong naghanap ng pupwestuhan habang hawak niya ang tray ng pagkain.

**"Dito. Dito tayo,"** aya ko sabay turo sa lamesa malapit sa exit.

Sumunod naman siya sa'kin. Inayos niya ang mga pagkain sa lamesa at sandali akong napatitig sa ginagawa niya. Kung todo asikaso kasi siya sa'kin. Siya na nga ang nagbayad, siya na din ang nagdala tapos siya pa ang nag-ayos sa lamesa.

*Wag mo ko sanayin ng ganyan.*

**"Alam mo, tinuturuan mo ko maging tamad,"** sabi ko at pinanood siyang umupo sa tabi ko.

**"What do you mean?"** tanong naman niya.

**"Lagi mo na lang ako inaasikaso. Baka masanay ako hindi na ko makakilos sa sarili ko."**

Bahagya siyang tumawa. **"Why not? I will always serve my Queen."**

Napaiwas ako ng tingin habang pilit pinipigil ang bibig kong magmura siya.

*Naman! Iba magpakilig!*

**"Muka ba kong Queen? Mas bagay sa'king kabalyero,"** sagot bago sumubo ng pagkain.

**"Pagsisilbihan ka pa rin,"** ngumiti siya sa'kin. **"At lalaban kasama mo."** dagdag niya sunod kindat.

Pasimple akong napangiti sa sinabi niya.

*Shutangina! Lugmok na ko sa pagkakahulog. Hindi na talaga ako makakaahon.*

Nagpatuloy kami sa pagkain at paminsan niya kong sinusubuan pero agad ko namang iniiwasan. Tatawanan pa niya ko kapag alam niyang muntik na kong ngumanga para tanggapin ang alok niya.

Sandali lang sana namin mauubos ang pagkain kundi lang niya ko kinukulit. Unti-unti ng nagkakaroon ng mga istudyante sa cafeteria. Kagaya namin mukang dito na rin mag-aalmusal. Tinignan ko ang oras sa malaking wall clock sa canteen. Maaga pa naman pero mas maganda kung sa room na kami maghihintay.

**"Ubusin mo na 'yan, sa room na tayo,"** aya ko.

Sakto namang ubos na niya ang kinakain at ang drinks na lang ang meron siya. Tumayo na ko ng makapagligpit pero inunahan niya kong gawin 'yon. Kinuha din ang tray at inabot sa counter. Napatingin ang ibang istudyante sa kanya dahil sa biglaan niyang paglakad sa harap.

Kita ko pa ang reaksyon ng iba. Merong kinilig at nginitian siya, meron namangha at syempre ang mga lalaking naangasan sa kanya. Pero lahat ng 'yon hindi niya pinansin.

**"Let's go."**

Tumango naman ako at sumunod sa kanya palabas ng cafeteria. Saktong pagsara ng pinto sa likod namin ng masalubong namin si Ella at Aries. Malamig ang mga tingin niya sa'kin o sa'min. Hindi na ko naghintay ng magiging reaksyon niya. Agad kong hinawakan ang braso nang Hari at hinatak siya palayo.

Hindi na ko lumingon pa at tuloy-tuloy lang na naglakad hanggang sa alam kong nakalayo na kami sa kanila.

**"Slow down. Malayo na tayo sa kanila,"** sabi ni Keifer kaya huminto na rin ako sa paghatak sa kanya.

*Daig ko pa si Drew sa pag-iwas.*

Sandali akong naghabol ng hininga. Hiningal ako dahil ang lalaki ng hakbang ko at binilisan ko rin ang paglalakad.

**"Hanggang kailan ka naman iiwas sa kanya?"** tanong ng Hari bago kumuha ng panyo sa bulsa niya at punasan ang noo ko.

**"Habang buhay?"** hindi siguradong sagot ko.

Napailing siya. Alam ko namang imposible 'yon. Sa panahon ngayon utang na lang ang may forever. Kaya nga hindi rin ako sigurado sa sagot ko.

**"Give him time. I believe he will forgive you."**

Sinimulan naming umakyat ng hagdan papunta sa classroom namin.

**"Okay lang kahit hindi. Matatanggap ko naman,"** sagot ko.

**"Talagang iiwasan mo na lang siya?"**

Tumango ako. **"Kesa naman magharap kami tapos masaktan lang siya ng masaktan."**

**"Are you planning to stay with Angelo from now on?"**

**"Hanggang maka-graduate ako tapos lilipat na ko sa dorm kapag mag-college na. Hahanap din ako part time para suportahan sarili ko,"** paliwanag ko.

Kagabi ko pa pinag-iisipan 'yan. Naisip ko na din kasi na baka hindi na talaga ako makabalik sa bahay. Hindi naman ako pwedeng tumira sa unit ni Kuya. Nakakahiya namang makisabit sa kanya. Kaya naisip ko na lilipat na lang ako sa dorm kapag nag-college na ko.

*Yaman, feeling aabot ng kulehiyo.*

Kailangan ko talagang makapasok ng college. Hindi pa ko sigurado sa kursong kukuhanin ko pero mas mabuti ng may nakahanda na kong plano. Kapag maganda ang schedule ng klase ko hahanap din ako part time job para matustusan ko gastos ko. Hindi na ko pwedeng maghingi ng manghingi sa kanila.

Dapat ko na ring singilin ang may mga utang sa'kin para ma-secure ang ipon ko. Nahirapan akong makabawi ng ipon dahil sa lintik na utang na 'yan.

**"Or you can move in to my house and live with me. We can also get married as soon as you want to."** kaswal na sabi nang Hari ng mga Ulupong.

Napahinto tuloy ako sa paglalakad at napangiwi sa kanya. Parang ang dali-dali lang sa kanya ng pag-aasawa kung makapag-aya siya parang nag-aya lang kumain sa labas.

*Miryenda lang?*

**"Umayos ka nga! Ang seryoso ng usapan."** inis na sagot ko sa kanya.

Bahagya siyang tumawa. **"What? I'm just giving you more option."**

**"Sabi ko mag-aaral ako, hindi mag-aasawa!"** inirapan ko siya at nagpatuloy sa paglalakad papunta sa room.

Nilagpasan ko siya pero alam ko namang susunod rin siya.

Bumungad sa'kin ang nagkakagulo at nagkukulitang mga Ulupong. Pinangungunahan ng Batang Kumag. Meron silang pinagtatalunan ni Eren at syempre hindi papatalo si Loverboy.

*Sobrang mapagmahal kasi siya.*

**"Isusumbong kita sa mga girlfriendssssss mo!"** sigaw ni Ci sa kanya. Pinakahaba-haba pa niya talaga ang letter '*s*' sa salitang girlfriends niya.

**"Para namang kilala mo silang lahat."** mayabang na sagot ni Eren.

**"Madali lang 'yan. Isigaw mo lang sa labas pangalan ni Eren kusa na silang lalapit,"** turo ni Calix at agad siyang nakakuha ng masamang tingin galing kay Eren.

Bahagya namang nagtawanan ang mga nakikinig at nanonood sa kanila. Napatingin samin si Felix at mabilis akong binati.

**"Good morning Jay,"** agaw niya sa atensyon ng mga Ulupong.

Binalik ko naman agad ang pagbati niya. Sunod-sunod din akong binati ng mga Ulupong, maliban kay David na mukang antok na antok na naman. Kasisimula pa lang ng araw pero bagsak na kagad siya.

*Ano na naman kaya ang ginawa niya.*

Lumapit ako sa pwesto ko at inayos ang gamit ko bago maupo. Ganon din ang ginawa ng Hari. Agad siyang nilapitan ng mga kapwa niya Ulupong na parang mga empleyadong nagre-report sa boss nila.

**"Jay..."** maiyak-iyak na tawag sa'kin ni Ci. **"Sapakin mo nga si Eren o kaya isumpa mo."**

**"Umagang-umaga wag mo kong idamay dyan,"** sagot ko at mabilis siyang inasar ni Eren.

Nawala sila sa paningin ko pero mabilis na pumalit sa kanila si Yuri. Nginitian ko siya pero nawala agad 'yon ng mapansin ko ang sugat sa labi niya at gasgas malapit sa pisngi niya.

**"Nangyari sa pisngi at labi mo?"**

Agad siyang napahawak sa labi niya. **"May humampas sa'kin kagabi. Hindi ko nakita ng maayos kung sino."**

Binalot ako ng pag-aalala at mabilis na naglaro sa isip ko ang sagot niya. Paano kung konektado 'yon sa mga nangyayari sa buhay niya? Baka naman binalikan siya ng nagtangka sa kanya no'ng nakaraan na napunta siya sa bahay.

**"Bakit? Nasan ka ba kagabi?"** tanong ko at naghanap ng tissue sa bag na pwede niyang magamit.

**"Sinamahan ko si Ma'am Cindy sa grocery, hinihintay ko siya sa parking tapos 'yon. I manage to dudge but somehow still hit me a little,"** paliwanag niya.

Nakahanap ako ng tissue at agad na inabot sa kanya. Kinuha naman niya at pinunasan ang labi. Ngumiti pa siya sa'kin para sabihing ayos lang siya.

*Hindi mo ko madadaan sa ngiti.*

Hindi pa rin nawawala sa isip ko ang listahan na nakuha ko sa kanya. Itanggi ko man pero nagsisimula na kong mawalan ng tiwala sa kanya dahil sa mga tinatago niya. Kung maaari lang talaga ayoko siyang maglihim sa'kin.

**"I have a question to ask. About your amnesia,"** sabi niya at tumango naman ako para senyasan siyang magpatuloy. **"Just wondering kung naaksidente ka ba nung bata ka? 'Yung aksidente na tumama ang ulo or nagka-head trauma."**

Napaisip ako. Wala namang sinasabi sila Lola na naaksidente ako at tumama ang ulo. Ang alam ko lang na aksidente ay 'yung meron akong sugat ng paso sa likod. Pero hindi ko naman maalala kung sino ang may gawa.

**"Ang alam ko wala naman. Bakit?"**

**"Nag-research kasi ako kagabi about sa case mo. Meron akong nakita na almost the same ng kaso mo. Except sa 2years lang ang tinagal ng Selective Amnesia niya. Madalas din ang trigger or episode attack sa kanya. Napansin ko na masyado ng matagal ang sa'yo kaya baka hindi na lang basta trauma 'yan,"** paliwanag niya at nilabas pa ang phone para makita ang mga nahanap niya.

Sandali ko lang tinignan 'yon pero hindi ko binasa. Masyado marami nakasulat at may iilang litrato pa.

Ngumiti ako sa kanya. **"Salamat dito. Pero hindi mo na kailangang gawin 'yan. Mahahanap ko din kung anong sakit ko."**

**"I'm willing to help Jay. Gusto ko bumawi sa mga nagawa ko sa'yo no'n,"** sagot niya at ngumiti sa'kin.

Ngumiti din ako sa kanya. **"Salamat. "**

**"Let me know if you remember something that could help me with my research."**

**"Sige. Sasabihin ko,"** sagot ko at pinanood siyang umalis.

Nasalubong ko pa ang tingin ni Keifer na umirap pa kay Yuri. Gusto ko siyang kotongan dahil sa ginawa niya. Pero napalitan 'yon ng pag-aalala.

Wala siyang kaalam-alam sa listahang hawak ni Yuri. At wala din akong kaalam-alam sa nangyayari kay Yuri.

*Sana lang talaga mali ako o ang akusa ni Ma'am Cindy.*

Umayos ako ng upo sa pwesto ko at pinanood sina Ci-N at Eren na magsabunutan. Napailing na lang ako lalo na ng pagtawanan sila ng mga kapwa nila Ulupong. Galit na galit si Eren sa Batang Kumag at ganon din naman ang isa sa kanya.

Tumigil lang sila ng dumating na si Sir Alvin para magklase. At nagsimula na kami.

Masasabi kong naging normal ang pang-umagang klase namin. Nagpaalala ang mga teacher para sa huling test namin. Nakapagsulat ako ng kaunting lesson kundi lang bumabalik sa isip ko ang mga nangyari sa bahay at mga sinabi nina Mama at Aries. May pagkakataon pang napaluha ako pero mabilis ko namang napunasan.

Pagdating ng lunch nagpabili na lang ako sa Hari ng mga Ulupong. At mukang sa bundok tralala na naman siya namili ng pagkain dahil sa tagal. Napa-CR na ko ng di-oras sa paghihintay sa kanya.

Pagdating sa rest room bumungad sa'kin ang maputing balat ni Ella. Naghuhugas siya ng kamay at bahagyang natigilan ng makita ako. Dumiretso ako sa cubicle para gawin ang pakay ko. Sinadya kong tagalan sa pagbabakasakali na umalis na si Ella. Pero ng buksan ko ang pinto ng cubicle nandon pa rin siya at halatang may hinihintay.

*Na malamang ay ako.*

Patay malisya akong lumapit sa lababo para maghugas ng kamay. Pinanood lang niya ko at hinintay matapos bago magsalita.

**"You're both not in a good shape."** sabi niya at alam ko namang ako at si Aries ang tinutukoy niya.

**"Masama lang pakiramdam ko,"** sagot ko.

**"Pareho kayo ng sinabi sa'kin."**

Meron siyang kinuha mula sa bulsa niya. Mukang lip balm 'yon at agad niyang pinahid sa sariling labi. Inayos niya pa ang buhok at ang uniporme.

**"Kung ano mang nangyaring sa pagitan niyo ni Aries, mas mabuti kung mag-usap na kayo,"** sabi niya at naglakad palapit sa pinto pero nagawa pa niyang humabol mga salita. **"You guys look better kapag nag-uusap kayo. Nagawa niyo na magbati noon, ano ba naman 'yung ngayon."** ngumiti siya at tuluyan ng umalis.

Napayuko ako. Gustohin ko man siyang kausapin tingin ko mas makakabuti kung hindi na. Masasaktan lang ulit siya. Babalik lang sa kanya ang mga nangyari ng gabi na kidnapin kami at syempre ang pagdala ko sa Tatay niya sa bahay para iharap sa kanila.

*Mas mabuti kung hindi na kami magusap.*

Tinapos ko ang ginagawa ko at bumalik na sa room. Sakto naman dahil dumating na pala ang Hari ng mga Ulupong. Sabi ko na, mukang galing na naman ng bundok Tralala ang lintik. Tagaktak ang pawis at parang nakipaghabulan sa unggoy.

Lumapit ako sa kanya at agad na hinanap ang natitirang tissue ko sa bag. Inabot ko sa kanya 'yon at tinuro ang pawis niya sa muka.

**"Punas mo sa muka mo,"** sabi ko pa.

Ngumiti siya at binalik ang panyo. **"You do it for me."**

Napangiwi ako pero ginawa ko pa rin. Pinunasan ko ang muka niya at agad naman akong nakarinig ng mahinang irit galing sa Batang Kumag.

**"Tamis naman,"** sabi niya at tinaas pa ang cellphone para kuhanan kami ng camera.

**"Sweet. Kagatin sana ng malaking langgam,"** parinig ni Yuri na inaabot ang pagkain sa paperbag na dala ni Keifer.

**"Fire ant sana,"** gatong ni David na ganon din ang ginagawa.

**"Whatever,"** inis na sagot ng Hari sa kanila.

Inabot niya sa'kin ang pinabili kong pagkain. Agad ko namang tinanggap 'yon.

**"Asan ang sa'kin?"** tanong ni Ci habang tinitignan ang iba pang paperbag.

**"Yun sa'kin din."** Si Felix na nagpabili rin ng pagkain kay Keifer.

Gusto ko matawa dahil sinamantala na naman nila ang Hari. Hindi rin naman siya nagreklamo kaya tingin ko okay lang sa kanya. Kaso hindi naman sila nagbibigay ng pambayad, parang ako.

Naging maayos naman ang pananghalian namin, kundi lang manggugulo si Ci at mang-aagaw ng pagkain. Mabuti na lang at nakaubos na ko bago pa magbalikan ang mga kapwa nila Ulupong. As usual nanghingi na naman sila na para bang hindi sila galing sa cafeteria para kumain.

*Iba din ang takaw.*

**"Hey..."** tawag sa'kin ni David habang hinihintay ang sunod na teacher. **"Umalis ka kagabi?"**

Tumango naman ako bilang sagot. **"Oo, bakit mo natanong?"**

**"I saw you last night."** mabilis niyang sagot na pinagtaka ko.

Paano niya ko nakita kagabi? Hindi naman siguro siya pumunta sa bahay dahil masyado nang gabi 'yon.

**"Nakita mo ko?"**

**"I mean, I thought I saw you."** paglilinaw niya.

Napa-tango-tango naman ako. Akala ko nakita talaga niya kami as in harapan. Siguro baka nakasalubong namin siya ni Kuya sa daan ng hindi ko napapansin. Pero bakit naman gising pa siya ng ganong oras?

**"Lumabas ka din ba? Hating gabi na 'yon ah."**

**"M-Meron kasi akong binabantayan,"** sagot niya at mabilis na umiwas ng tingin.

**"Sino naman?"**

Umiling siya at mabilis na dumokdok para bumalik sa pagtulog. Kukulitin ko pa sana siya kaso mukang antok na antok na siya. Hinayaan ko na lang para makabawi na siya ng tulog kagaya ng palagi niyang ginagawa.

Dumating na ang hinihintay naming teacher at nagsimula ang klase.

Naging matiwasay ang panghapong klase namin. Mahigpit lang ang paalala nila sa parating na exam. Mukang kailangan ko ng sanayin ang utak kong mag-aral. Hindi magandang mababa ang makuha ko. Ang pangit na nga ng mga nangyayari sa buhay ko nitong nakaraan tapos pangit pa rin grade ko.

*Wag namang pati pagmumuka ko maging pangit.*

Pagdating ng uwian naisipan kong makisabay na lang sa Hari ng mga Ulupong. Iisa lang din naman kami ng pupuntahan. Sinadya naming magpahuli sa iba dahil pakiramdam ko makakasalubong ko ang kapatid ko.

**"Ready?"** tanong ni Keifer habang pilit kong tinatanaw ang parking.

**"Tingin mo wala na kotse niya? Nakauwi na kaya siya?"**

**"Ihahatid pa no'n ang girlfriend niya kaya baka nakaalis na 'yon."**

Napatango-tango naman ako. Sabagay hindi rin no'n ugali na magpatagal sa school. Unless na lang kung marami siya ginagawa.

Nagsimula na kami maglakad pababa ng hagdan. Sandali akong napaisip sa sinabi niya. Hindi niya tinawag si Ella sa pangalan. Ang sabi lang niya, '*girlfriend niya*'. Ano naman ibig sabihin no'n?

*May something.*

**"Sabihin mo nga Ella,"** utos ko sa kanya.

Kahit nagtataka ginawa pa rin niya. **"Ella."**

Plastik akong ngumiti. **"Ano feeling banggitin pangalan ng Ex mo?"**

Nalito siya bigla. **"What?"**

**"Bakit bigla kang nabingi?"**

Bahagya siyang tumawa. **"What's going on inside your head?"**

**"Sagutin mo na lang,"** utos ko.

**"None. Am I supposed to feel something with her name?"**

**"Bakit hindi mo mabanggit pangalan niya? May something ba?"**

Malakas siyang napatawa habang napapailing-iling.

**"Tayo na ba?"** tanong niya na nagpahinto sa'kin.

**"A-Ano?"**

**"Because you're acting like my official girlfriend,"** sagot niya habang nakangiti na para bang proud na proud sa sinabi niya.

*Gago pa rin.*

**"Ewan ko sa'yo tukmol."**

Mabilis akong naglakad pababa at halos unahan ko na siya palapit sa parking kung nasan ang kotse niya. Totoo nga ang sinabi niya kanina, wala na ang kotse ng kapatid ko at mukang umalis na agad para maihatid ang jowa niya.

Mas mabuti na rin na hindi kami magkita dito sa school. Baka masira lang ang araw niya sa'kin. Kaunting tiis lang, malapit na matapos school year. Hahanap na ko ng dorm na malilipatan kapag nakapag-enroll na ko sa college.

Binuksan si Keifer ang pinto ng kotse niya at pinasakay ako. Alam kong kailangan pa niyang sunduin ang mga kapatid niya kaya nagpadala na ko ng text kay Kuya para sabihin kung kanino ako sumabay pauwi at kung anong oras ako makakauwi. Mabuti na nga lang at hindi niya ko hinabol kaninang umaga, pero feeling ko naman alam niya kung kanino ako sumabay.

*'Yun pa! Tapos katabi pa si Honey.*

Balik bigla sa ala-ala ko ang itsura nila kanina. *Mygad!* Parang gustong bumaliktad ng sikmura ko. Alam kong gwapo si Kuya at mabilis maka-attract ng babae pero hindi ko ma-imagine na merong kakandong sa kanya.

*Nai-imagine ko ibabalibag niya ang babae.*

Una naming pinuntahan ang school ni Keiren na nag-aabang sa tabi ng security guard ng school. Napatingin ako sa hawak niyang maliit na box na merong chocolate, candy at nakadikit na puso. Mukang may *lablayp* na ang bata. Pagsakay niya sa passenger seat agad ko siyang nilingon.

**"Ano yan? Saan galing?"**

**"Paki mo,"** sagot niya sa'kin at agad ko siyang tinignan ng masama.

**"Keiren, be nice to your sister-in-law,"** sabi ni Keifer at halos sabay kami ng kapatid niyang umangal.

**"ANO?!"**

**"No. Not this girl. Eww!"**

Malakas lang na pagtawa ang sinagot niya sa'min bago paandarin ang kotse.

Sunod naming pinuntahan ang school ni Keigan pero pagdating do'n, sinabihan kami ng school guard na maaga raw umuwi si Keigan. Nagpasundo daw sa isa sa mga bodygaurd nila. Kinumpirma muna 'yon ni Keifer. Tinawagan agad niya si Honey para malaman kung ganon nga ang ginawa ng kapatid niya.

Agad na sumakay si Keifer sa kotse matapos patayin ang tawag.

**"Ano sabi?"**

**"Nasa unit na siya,"** sagot niya at ramdam ko ang paghinga niya ng maluwag.

Mukang kinabahan din siya sa biglaang pag-alis ng kapatid niya sa school. Kahit naman siguro ako ganon ang mararamdaman. Kung may nagtatangka sa'kin, lalo na sa kanila. Mas malaki pa nga ang banta sa kanila.

Mabilis ang naging byahe namin pauwi. Pagdating sa elevator hindi ko maiwasang mapatingin sa reflection namin sa metal na pinto. Para kaming pamilya sa itsura namin, wag lang isasali mga school uniform na suot namin.

*Shuta! Bakit ko naisip 'yon?*

Natigil lang ang pag-iisip ko ng bumukas ang pinto ng elevator. Nagpaalam na ko sa kanila at nagpasalamat na rin. Hinintay pa ko ni Keifer na makapasok bago siya tumuloy sa unit niya.

Mabuti na lang at naalala ko ang password ng pinto ni Kuya. Naka-keypad ang lock ng pinto at meron ding fingerprint recognition pero syempre wala pa ko access don. Hanggang password pa lang ako. Di ba ang yaman? Pinto pa lang nanampal na ng kahirapan.

**"Kuya! Andito na ko! Andito ka ba?"** bungad ko pagpasok ng pinto.

Nasagot ang tanong ko ng makita ko siyang nakatayo sa tabi ng mamahalin niyang sofa. Pero hindi siya nag-iisa. Kasama niya si Tiger na merong hawak na baso ng alak at ang doctor na pinagdalhan nila sa'kin non.

**"Jay, do you remember Dr. Claudia Peralta?"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 363

**A/N:** Goodnight, haha.

By the way, Congratulations:

Kyla Marie Geronimo
Reynalyn Monteza
Ivy Claire Guillermo

Nakapasok sila sa 1st Sem wth honors.

## Drunken Glue

***Jay-Jay's POV***

**"Kumusta?"** bati sa'kin ni Dr. Claudia.

Hindi ako umaalis sa kinatatayuan ko. Nakatitig ako kay Kuya na para bang trinaydor niya ako.

**"Maupo ka muna bata,"** utos ni Tiger.

Sinubukan kong tumalikod para lumapit sa pinto pero mabilis na nakalapit si Tiger at hinarangan ako. Nagpilit siya ng ngiti na para bang humihingi siya ng tawad dahil wala siyang pagpipilian.

Napaigtad ako ng may maramdamang kamay sa balikat ko . Tinignan ko agad kung sino 'yon at ang seryosong muka ni Kuya ang humarap sa'kin.

**"Maupo ka Jay,"** utos niya at bahagya akong hinatak.

Kahit labag sa loob ko sumunod ako sa kanya. Kagat ko ang ibabang labi ko habang nakayuko at nakatitig sa sahig. Umupo ako sa harap ng Doctor. Kahit hindi ko siya tignan alam kong awang-awa siya sa'kin.

Nakapatong ang dalawang kamay ko sa mga hita ko. Nanginginig 'yon kaya ikinuyom ko para itago at para na rin ma-kontrol ang nagbabadyang luha dahil sa bigat ng nararamdaman ko.

*Bakit pakiramdam ko dinaya ako?*

Wala akong laban. Wala akong magawa. Walang paraan para makalusot. Wala ring pwedeng magtanggol sa'kin kay Kuya. Hindi ko naisip na gagawin niya 'to. Akala ko naiintindihan niya ang nararamdaman ko kaya inilayo niya ko.

Naiinis ako sa sarili ko. Ayokong gawin 'to, pero alam kong pipilitin niya ko at wala man lang akong maisip na pwedeng palusot. Hindi ko man lang mapaglaban ang gusto ko.

*Anong gagawin ko?*

**"Angelo, we really shouldn't be doing this,"** sabi ng Doctor kay Kuya.

**"She manage to remember something from her past. Ano naman kung subukan niya ulit?"** pagpipilit ni Kuya sa kanya.

**"Natatakot ang bata."**

**"She's always afraid. Pero kailangan niyang gawin."**

Tuluyan na kong napaiyak. Hindi ko mapigilan dahil wala akong ibang magawa sa sitwasyon ko. Para akong manika na kinokontrol ng naglalaro sa'kin. Nasasakal ako.

Matapos kong maalala ang ginawa ko kay Aries hindi ko na gugustuhin pang maalala ang iba. Paano kung mas matindi pa do'n ang nagawa ko? Paano kung meron akong natuluyan? Baka hindi ko na kayanin. Baka tuluyan na kong mabaliw.

**"A-Ayoko po,"** bulong ko na halos ako lang ang nakarinig.

Pero alam kong narinig din ako ng Doctor. Hinawakan niya ko sa kamay kaya sandali akong napatingin sa kanya. Ngumiti siya sa'kin na para bang sinasabi niyang magtiwala ako sa kanya.

*Paano? Hindi rin naman siya maka-kontra kay Kuya?*

**"Angelo..."** tawag niya sa pinsan ko. **"Mas mabuti kung bibigyan niyo kami ng space at katahimikan."**

Tinitigan siya ni Kuya Angelo, parang sinusuri kung meron siyang balak. Mabuti na lang at alam ng Doctor kung ano ang dapat gawin para mapaniwala ang pinsan ko. Hindi siya humiwalay ng titig.

**"Parte 'to ng consultation,"** dagdag ng doctor at do'n lang umiwas ng tingin si Kuya bago ituro ang kwarto kung saan ako natulog.

Hinawakan ni Dr. Claudia ang kamay ko at inaya akong pumasok sa kwarto. Sumunod naman ako. Pagpasok sa loob napansin ko agad ang pagsunod ni Kuya pero mabilis nasara ang pinto kaya wala siya nagawa.

**"Maupo ka,"** malumanay na utos ng Doctor sa'kin habang nakaturo sa gilid ng kama.

Ginawa ko naman at naupo siya sa tabi ko na para bang magkaibigan kami sa loob ng kwartong 'to.

**"Hindi natin gagawin ang gusto ni Angelo. Don't worry, hindi kita pipilitin na makaalala."** Ngumiti siya sa'kin. **"Sabihin mo lang kung ano ang gusto mo sabihin."**

Napatitig ako sa kanya. Balak ko sanang ubusin ang oras sa pagtikom lang ng bibig ko pero sa hindi ko maintindihan na dahilan, bigla na lang umagos ang mga luha ko at napaiyak ako. Agad niya kong niyakap.

*Ayoko nitong nararamdaman ko.*

**"It's okay to cry."**

Pero hindi ako okay. Hanggang kailan ako magiging ganito? Gusto ko lang naman ng normal na buhay, kahit ngayon lang. Gusto ko pa ring ma-enjoy ang highschool life ko. Kahit sandali lang. Kahit ngayong taon lang. Gusto kong maging malaya mula sa nakaraan ko. Sa kasinungalingan sa paligid ko. Sa pag-kontrol sa'kin.

Gusto kong huminga ng walang dinadalang problema.

*Pero bakit pinagkakait sa'kin 'yon? Bakit?*

**"Pagod na po ako,"**

Mas humigpit ang yakap niya sa'kin. **"Sasabihin ko sa'yo 'to, hindi bilang Doctor kundi bilang kaibigan at kapwa mo may pinagdadaanan."** malalim siyang huminga. **"Normal lang mapagod lalo na kapag walang nagbabago sa ginagawa mo. Normal lang maramdaman 'yan kapag paulit-ulit ang nangyayari. Normal lang 'yan. May karapatan kang maramdaman 'yan."**

Humiwalay ako sa kanya at hinarap siya. **"Ang hirap po magpatuloy ng hindi ko alam ang kinakaharap ko. Nakakapagod. Okay na ko na hindi ko naaalala ang nakaraan ko, bakit kailangan pa bumalik sa'kin?"**

Pinunasan niya ang mga luha ko. **"Maganda sa pakiramdam na hindi mo naalala ang sakit nang nakaraan pero paano ka matututo mula do'n."**

*Hindi ko maintindihan.*

Anong dapat kong matutunan sa mga nangyari sa'kin? Sa ginawa ko kay Aries? Sa nakakatakot na ala-alang 'yon? Pagka-guilty lang ang naramdaman ko at ngayon walang sawang pag-iwas ang kailangan kong gawin dahil ayoko ng makasakit.

Paano pa kaya ang ibang hindi ko maalala? Anong ituturo non sa'kin.

Mukang nakuha naman niya ang iniisip ko. Ngumiti siya sa'kin at inayos ang ilang takas ng hibla ng buhok sa muka ko.

**"Ang bata mo pa para maranasan ang mga 'to. Pero kasi hindi naman tayo basta pinahihirapan lang ng buhay. We are meant to be hurt not only to feel pain but also to learn from it."**

Napailing ako. Parang lalo pa kong nahirapan sa gusto niyang iparating.

**"Hindi mo naman naiintindihan."**

**"Eh ikaw? Do you completely understand yourself?"**

Para akong sinampal sa tanong niya. Katahimikan ang naging sagot ko.

*Naiintindihan ko nga ba ang sarili ko?*

Aminado ako na hindi ko din naiintindihan. Basta ang alam ko lang, nahihirapan ako. At mga ala-ala ng nakaraan ko ang nagpapahirap sa'kin. Ang gusto ko lang ay mawala ang mga 'yon. Mawala lahat ng sakit mula do'n.

**"Hindi mo naiintindihan ang sarili mo dahil aminado kang hindi mo alam ang kinakaharap mo. 'Yun ay dahil pinipilit mong itago ang nakaraan mo sa pag-aakalang mas mabuti 'yon pero hindi. Kahit kailan hindi naging mabuti ang takasan ang problema."**

Alam ko kung anong ginagawa niya. Kinukumbinsi niya kong gawin ang gusto ni Kuya. Akala ko kakampi ko siya pero mukang pareho lang sila ni Kuya. Inuunti-unti lang nila ako.

**"You can move forward from you past. Pero magagawa mo lang 'yon kung makakabitaw ka sa nakaraan mo. At minsan para makabitaw kailangan mong hanapin ang simula ng pagkakatali mo. Ang dulo kung saan nagsimula ang lahat at do'n mo rin malalaman kung ano ba talaga ang kinakaharap mo."**

*'Yun lang ba ang paraan? Wala na bang iba? Kailangan ko talagang balikan ang lahat? Kailangan ko ba talagang harapin ang iniiwasan ko?*

**"Natatakot ako."** halos bulong kong sabi pero narinig pa rin niya.

**"Takot din ang patuloy na magpapahirap sa'yo."** Hinawakan niya ang dalawang kamay ko. **"If you really can't do it, it's okay but believe me, mas mahihirapan ka lalo na't unti-unti ng bumabalik ang ala-ala mo. Mas mabuti kung handa ka."**

Napakagat ako sa ibabang labi ko pero hindi no'n napigilan ang pagiyak ko. Niyakap ulit niya ko at sa pagkakataon na to yumakap din ako sa kanya. May kakaiba sa paghaplos niya sa'kin. Pakiramdam ko pareho kami ng nararamdaman. Ganito siguro ang mga Psychiatrist, ipaparamdam na hindi naiiba ang mga pasyente nila.

Pero mas malalim sa pagiging Doctor at pasyente ang mga kilos niya. Para ko siyang kaibigan na lagi kong masasandalan kahit ngayon lang kami nagka-usap ng matino. Hindi niya ko binitawan hanggang sa masabi niyang okay na ko.

Tinulungan niya kong ayusin ang sarili ko. Sinuklayan din niya ko ng buhok. Bigla kong naramdaman na meron akong nakatatandang kapatid.

*Ganito pala feeling ng may Ate.*

**"Pwede po magtanong?"**

**"Ano 'yun?"**

**"Magka-ano-ano kayo ni Ci-N Peralta?"** tanong ko at narinig ko ang mahina niyang pagtawa.

**"Kaklase mo siya tama?"** mahina akong tumango bilang sagot. **"Magpinsan kami."**

**"Sabi ko na. Lahat ba ng Peralta related sa isa't-isa?"**

**"I think hindi pero mabilis naman malalaman kung part ng family ang isang Peralta. Kapag nasa medical field, automatic kamag-anak namin. Nasa lahi din kasi,"** paliwag niya at hindi ko maiwasang mamangha.

Talagang buong angkan nila Ci-N ang nasa iisang field. Bigla kong naalala na gusto nga pala niyang mag-pilot. Paano niya gagawin 'yon kung buong lahi niya ang nagsasabi na dapat sumunod siya sa yapak nila?

**"Walang naiba ng profession sa inyo?"** tanong ko. Nagbabakasakali na hindi nag-iisa si Ci-N sa pamilya niya.

*Malay natin di ba?*

**"Meron, yung Dad ko. Naging businessman siya pero hindi naging maganda ang kinalabasan."** sagot niya at ramdam ko ang lungkot sa boses niya.

Mukang mali na inungkat ko ang ganong bagay sa pamilya nila.

**"Close po kayo ni Ci-N?"** pagiiba ko sa usapan.

Bahagya siyang tumawa. **"Hindi masyado pero natutuwa ako sa kanya. Sulit na sulit kasi niya ang childhood niya."**

Bahagya din ako tumawa. Sunod-sunod pa ang naging tanong ko sa kanya tungkol kay Ci-N. Magiliw naman niyang sinagot ang mga 'yon. Minsan niyang nabanggit ang mga kapatid ng Batang Kumag pero mabilis din niyang binabawi. Mukang pati siya hindi rin natutuwa sa kanila.

Nakailang oras pa kami ng kwentuhan. Pati kung paano sila nagkakilala ni Kuya Angelo nabanggit din niya. Naging batchmate sila at naging kaklase niya si Ma'am Cindy. Hindi nga lang siya nagbigay pa ng maraming detalye dahil parang meron siyang iniiwasan na mabanggit.

Natigil ang usapan namin dahil sa pagkatok ni Kuya Angelo sa pinto. Napilitan siyang lumabas na ng kwarto at iwan ako para makapagpahinga. Kinuha ko naman ang pagkakataon para makapagbihis ng pambahay.

Paglabas ko ng kwarto, nagpaalam na si Dr Claudia at Tiger sa'kin. Kailangan na daw nila umalis. Sinundan ko sila hanggang pintuan pero dahil galit ako kay Kuya naisipan kong lumabas din. Pinanood lang naman ako ng pinsan ko sa pag-aakalang ihahatid ko lang ang mga bisita sa elevator at babalik din ako agad.

*Bahala ka dyan.*

Kumaway pa ko kay Dr. Claudia at Tiger bago tuluyang magsara ang pinto ng elevator. Medyo nakakapagtaka lang na kasama talaga si PPAP dito. Muka din siyang seryoso, malayo sa nakakaloko niyang ngiti kapag nasa Kingsground. Hindi pa rin naman nababago ang ayos niya. Kulang na lang magpatugtog ako ng '*I have a pen... I have an apple*' song.

Naglakad ako pabalik ng mawala na sila sa paningin ko pero hindi sa unit ni Kuya ang punta ko. Sa unit ng Hari ng mga Ulupong. Sana may pagkain sila.

Sunod-sunod kong pinindot ang doorbell ng pinto. Hindi ko alam ang password ng keypad lack kaya kailangan ko pang maghintay ng magbubukas ng pinto nila para sa'kin. Mabuti na lang at sandali lang akong naghintay dahil bumukas 'yon at bumungad sa'kin ang muka ni Keigan na basag pa ang isang lense ng salamin.

*Anyare?*

Taka siyang nakatingin sa'kin na para bang naghihintay ng sasabihin ko.

**"H-Hi, pwede kay Keifer?"** tanong ko at tinitigan niya ko mula ulo hanggang paa.

Medyo nahiya ako dahil naka-short at tshirt lang ako. Pambahay na pambahay ang suot ko.

**"Lumabas siya. Bumili pagkain,"** sagot niya. **"Pwede mo siya hintayin dito sa loob kung gusto mo."**

Mabilis naman akong tumango. 'Yun talaga ang gagawin ko. Hindi ako babalik sa unit ni Kuya Angelo. Hayaan ko siyang maghintay o maghanap sa wala.

*Goodluck sa paghahanap. Akala mo...*

Hinayaan niya kong pumasok at tinuro niya ang mamahaling sofa para paupin ako. Malaki ang pinagkaiba ng unit nila sa unit ni Kuya. Hindi ko alam kung sa disenyo ba o sa pwesto ng mga appliances. Madilim ang kulay ng mga design. Unlike kay Kuya na kahit puro panlalaki ang dating ng kulay meron pa ring buhay.

Naupo ako habang nakatingin sa paligid. Napansin ko ang baso at kaunting kalat sa lamesa sa dining table nila. Mukang merong kumain habang nagbabasa o nagpupunit ng papel.

**"Do you want anything to drink?"** tanong niya sa'kin.

Hindi pa ko nakakasagot pero nakalakad na siya papuntang kusina. Hindi na ko nagreklamo dahil baka gusto lang talaga niya kong bigyan ng maiinom habang naghihintay sa kapatid niya.

Sa totoo lang hindi ko maiwasang pagtakhan ang kilos niya. Ibang-iba kasi sa kaninang umagang inaasta niya sa'kin. Naalala ko na naman ang mga salitang binitawan niya. Na-conscious ako bigla sa sarili ko dahil do'n.

Pinagmasdan ko siya mula sa kinauupuan ko. Ako kaya talaga ang kundisyon niya. Sabi ni Keifer may pagkakahawig ang kalagayan namin. Posible kaya na parehong-pareho kami? Posible kaya na meron din siyang naranasan sa nakaraan niya at hindi na niya maalala? Nagbabago din kaya siya kapag nakakakita ng dugo?

*Anong bang kalagayan naming dalawa?*

Agad akong umiwas ng tingin ng bigla siyang lumingon sa'kin. Ayokong isipin niya na binabantayan ko siya. Ang creepy naman ng dating ko no'n.

Ilang sandali lang at natapos na siya. Lumapit siya sa'kin at ibinaba ang baso ng juice sa sa harap ko bago maupo sa katapat kong sofa.

**"Baka pauwi na rin si Kuya. Uminom ka muna."**

Tumango naman ako at nagpasalamat. Sandali kong tinignan ang juice dahil parang may napansin ako pero mabilis ko ding binaliwala dahil nakatingin sa'kin ang nagtimpla. Ayokong isipin niya na maselan ako.

*Kung ano man 'yon laman tyan din 'yon.*

Ininom ko 'yon at wala naman akong napansin maliban sa kakaibang lasa. Alam kong grape juice ang iniinom ko pero may something na hindi ko mapaliwanag. Kaunti lang ang nainom ko dahil do'n.

**"You don't like it?"** tanong niya at bakas ang lungkot sa tinig niya.

Nakonsensya naman ako dahil do'n kaya agad kong binalik sa bibig ko ang baso para ubusin ang juice. Kahit hindi na ko sigurado sa lasa inubos ko pa rin para lang hindi masayang ang effort niya.

Bahagya pa kong dumighay ng maubos ko na ang laman ng baso. Matamis siyang ngumiti sa'kin bago tumayo at nagpaalam na magliligpit lang ng dining table. Tumango ako para hayaan siya.

Ilang minuto pa ang lumipas ng magsimula akong makaramdam ng kakaiba sa tyan ko. Humihilab 'yon mula sa loob. Pinakiramdaman kong mabuti kung bakit. Alam kong hindi ako nagugutom o nadudumi.

*Masama bang uminom ng juice kapag walang miryenda?*

Ilang minuto pa at mas lalong tumindi ang hilab. Pasimple kong hinimas 'yon sa pagbabakasakaling mawala ang sakit. Pero sa bawat minutong nadadagdag sa oras mas lalong sumasakit ang tyan ko. Nagsisimula na rin akong pagpawisan.

Sandali kong nilingon si Keigan pero nakatalikod siya sa'kin at parang meron siyang sinusulat.

Kusa akong napahiga sa sofa dahil sa sakit. Nanlalambot na rin ako at bumibigat ang paghinga. Para rin akong nasusuka. May mali sa sakit ng tyan na nararamdaman ko. Hindi to ordinaryo.

Kailangan kong bumalik sa unit ni Kuya. Nakakahiya kung dito ako maglulumpasay dahil sa sakit. Sa susunod ko na lang pagtataguan si Kuya Angelo.

Sinubukan kong tumayo pero agad akong napaupo ulit dahil mas lalong sumakit ang tyan ko. Lambot na lambot ako kaya kahit simpleng pag-upo ng maayos hindi ko magawa. Nakakahiya man pero mukang kailangan kong humingi ng tulong.

**"K-Keigan,"** tawag ko sa kapatid ni Keifer. **"Pwede mo ba kong tulungan?"**

Wala akong narinig na sagot pero nakita ko siyang naglakad palapit sa harap ko. Hawak ang notebook na may iilang tilas na piraso ng papel.

**"Pwedeng paki-tawagan ang pinsan ko? Nasa kabilang unit lang siya."**

Itinaas niya ang notebook at nagsulat. **"Mas mabilis ang epekto kapag mas marami ang nilagay,"** sabi niya at nagsulat.

*Nilagay saan?*

Kusa akong napatingin sa basong pinag-inuman ko. *Anaknang...* Sinasabi ko na! Kaya pala parang may iba akong nalalasahan sa inumin na 'yon.

**"Anong... nilagay mo?"** Mahina akong napaungol dahil sa sakit ng tyan ko.

**"Glue,"** kaswal niyang sagot.

*Ano? Muka ba kong papel na kailangang lagyan ng glue?*

Dalawang kamay at braso ko na ang gamit ko para lang subukang pigilan ang sakit ng tyan ko. Ang mahinang ungol ay unti-unting napapalitan ng mahinang sigaw. Mas lalong tumitindi ang sakit at hindi ko na mapigilan pang mamalipit.

Gusto kong magalit sa kanya pero kahit mga salita hindi ko magawang bitawan dahil nauunahan ng sakit. Gustong-gusto ko na ring sumuka pero wala namang lumalabas sa lalamunan ko.

Hindi ko alam kung kanino hihingi ng tulong. Baka kung anong mangyari sa'kin kung hihintayin ko pang mawala ang sakit ng tyan ko. Kailangan kong tulungan ang sarili ko. Nagpatihulog ako mula sa sofa. Hindi ko kayang tumayo kaya mapipilitan akong gumapang.

Bago pa man ako makausad narinig kong bumukas ang pinto ng isang kwarto. Nilingon ko 'yon at ang umiiyak na Keiren ang bumungad sa'kin. Hawak din niya ang tyan niya at wala pang tatlong hakbang kusa na lang siyang bumagsak.

**"Kuya... My stomach hurts!"** umiiyak na sabi niya.

Tinignan ko si Keigan sa pagbabaka-sakali na tutulungan ang kapatid niya pero nagsulat lang ulit siya sa papel.

**"Ngayon lang umipekto,"** sabi pa niya.

*Pati kapatid niya?*

Nanlaki ang mga mata ko. Anong problema niya at pati sariling kapatid niya pinainom din niya ng glue? Meron ba siyang balak sa'min?

Mas naging malakas ang pagiyak ni Keiren. Binalot ako ng pag-aalala. Baka hindi kayanin ng murang katawan niya ang sakit. Kung ako na mas matanda sa kanya nanghihina na paano pa kaya siya.

**"Kuya!"** pagsusumamo niya.

Kahit hinang-hina, pinilit ko ang sarili ko makagapang palapit sa kanya. Kusa akong napaiyak dahil bawat galaw ko mas lalong tumitindi ang sakit. Napapasigaw na rin ako pero mas kailangan kong masiguro ang kalagayan ni Keiren.

Pero dahil sa panhihinga kahit dulo ng daliri niya hindi ko magawang abutin. Wala akong magawa kundi sabayan ang pagiyak niya. Tahimik akong nagdasal na sana may dumating para makita ang kalagayan namin.

*Keifer, please dumating ka na!*

Literal akong hindi na gumagalaw. Maging paghinga ko nagiging sanhi din ng sakit ng tyan ko. Hindi ko na rin masyado marinig si Keiren na mas kinatakot ko. Kung magtatagal pa to baka kung ano na mangyari sa kanya.

Nabawasan lang ang pangamba ko ng marinig ko ang pagbukas ng pinto at marinig ang boses ni Keifer.

**"What happened?"** tarantang tanong niya.

Kita ko ang pagkalito niya sa kung sino ang unang lalapitan. Nagkusa na kong ituro ang kapatid niya dahil na rin sa pag-aalala ko.

**"Si Keiren...tignan mo siya,"** umiiyak na utos ko.

Ginawa naman niya at dinig ko ang pagtawag niya sa pangalan ng kapatid. Kagaya niya wala rin akong marinig na sagot. Wag naman sana siyang nawalan ng malay.

Binuhat ni Keifer ang kapatid at lumapit sa'kin.

**"Hold on to me Jay. Dadalin ko kayo sa ospital,"** sabi niya bakas ang takot at pag-aalala.

Hindi na ko makagalaw pero ayokong maging pahirap sa kanya. Gustuhin ko mang magpaiwan alam kong hindi siya papayag. Inipon ko ng natitirang lakas ko. Kumapit ako sa kanya at pinilit tumayo. Napaiyak ako kasunod ng pagsigaw dahil sa sakit.

Sinabayan ko ang paghakbang niya palapit sa pinto at palabas. Sandali niya kong binitawan para buksan ang pinto. Mahigpit ang kapit ko sa kanya at mas lalong humihigpit bawat hakbang namin. Ayokong magpahuli at maging abala pero kusa akong napabitaw dahil sa panghihina.

*Kahit kaunting lakas lang.*

Kasunod kong bumagsak si Keifer habang hawak ang kapatid. Kita ko ang pagkataranta niya sa kung sino samin ang unang tutulungan.

Napahagulgol na ko hindi dahil sa sakit kundi dahil sa galit. Wala akong magawa sa sitwasyon namin. Ayokong maging pabigat. Ayoko siyang pahirapan. Kailangan din niyang dalin ang kapatid niya at hindi ako pwedeng makisabay.

**"S-Sorry."** umiiyak na sabi ko.

**"No. No. Don't apologize."** sabi niya at lumapit sa'kin bago tumalikod. **"Papasanin kita."**

Kinuha niya ang kamay ko at pilit akong hinatak pasakay sa likod niya. Ginawa ko ang makakaya ko para makasakay ng maayos. Sunod niyang nilapitan ang kapatid para buhatin ulit. Kumapit ako kahit lambot na lambot na ko.

Nagawa niya kaming buhatin hanggang sa loob ng elevator. Ibinaba niya lang kami sandali para makapagpahinga. Kinuha din niya ang cellphone para mag-dial ng number pero hindi ko na narinig ng maayos ang mga sinasabi niya. Mukang tumatawag siya ng ambulansya.

**"Masyadong matagal!"** sigaw niya at sandali akong napatingin sa kanya.

**"U-Unahin mo si Keiren,"** bulong ko pero narinig pa rin niya.

**"No. Wala akong uunahin o ihuhuli. Sabay ko kayong dadalhin sa ospital."**

*Ang kulit.*

Naiinggit ako sa kanya. Para sa'kin nakakainggit ang lakas at diterminasyon niya. Lahat gagawin niya para sa'min. Wala siyang pipiliin sa kung sino dapat mauna niyang aasikasuhin.

Kung sana malakas din ako para matulungan ko siya. Kung sana meron lang akong pwedeng gawin para mabawasan ang paghihirap niya. Kung sana pwede akong mag-abot ng tulong.

Narinig ko ang pagtunog ng bell ng elevator. Ipapasan sana ulit ako ni Keifer pero bumukas ang pinto at ang malutong na mura ni Kuya Angelo ang sumalubong sa'min. Binuhat niya ko at inilabas ng elevator.

*Mukang nasagot ang dasal ko.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 364

**A/N:**

**Keigan's head.**

***Jay-Jay's POV***

**"Tatakas ka pa? Pagtataguan mo pa ko? Nadala ka na ba?"** sunod-sunod na tanong ni Kuya Angelo habang nakahiga ako sa hospital bed sa E.R. ng ospital.

Hindi talaga siya papaawat sa pagsermon sa'kin. Hindi man lang namili ng magandang lugar. Pwede namang sermonan niya ko sa Park o kaya sa Grocery Store, maganda do'n. Pwede ring sa isla ko pero hindi siya pwede do'n, hindi ko siya patutuntungin do'n.

*NEVER!!*

Kakatapos ko lang pasukahin ng Doctor at hinahayaan akong magpahinga dahil sa panlalambot. Tinitigan ko ang patak ng tubig mula sa I.V. tube na nakasaksak sa kaliwang kamay ko. Hindi ako makasagot sa kanya dahil na rin sa sakit ng lalamunan ko. Gusto kong uminom ng tubig pero pinagbabawalan ako ng mga Nurse at Doctor.

Napatingin ako sa kabilang side ko kung saan ang kama ni Keiren. Matamlay din siya kagaya ko pero may malay na, hindi kagaya kanina. Sinaksaksan din siya ng I.V. fluid kagaya ko. Hindi rin siya pwede uminom o kumain. Mas nakakatakot nga lang ang nangyari sa kanya dahil kusa siyang sumuka pagdating dito sa ospital.

Hindi kagaya sa'kin, ayaw pang lumabas. Trip yatang gawing tambayan ang sikmura ko, eh hirap na hirap na nga ako sa sakit ng tyan.

**"Save your sermon, mas kailangan niyang magpahinga ngayon,"** awat ni Keifer kay Kuya Angelo.

*Tama siya. Save button.*

Napairap si Kuya bago kami talikuran at maglakad palayo. Nilapitan ako ng Hari ng mga Ulupong. Hinawakan niya ang isang kamay ko bago halikan 'yon.

**"Do you feel better now?"** tanong niya sa'kin.

Dahil hindi ako makapag-salita tumango na lang ako bilang sagot.

Bahagya siyang yumuko para halikan ako sa noo. Pinilit kong lumayo dahil alam kong basa pa rin ng pawis ang muka ko pati na rin ulo ko. Ayokong maamoy niya ang anit ko. Hindi pa naman ako nag-shampoo ng maayos kaninang umaga.

*Baka amoy kargador na ang buhok ko.*

**"What's wrong?"** tanong niya pero umiling lang ako.

Bakas pa rin ang pag-aalala sa muka niya. Alam kong hindi siya mapakali dahil dalawa kami ng kapatid niya ang napahamak. Hindi basta dapat baliwalain lalo na't malinaw ang sinabi ng Doctor.

Poison ang glue at delikado ma-consume ng tao. Mabuti na lang din nasabi ko kay Kuya ang nainom namin habang nasa byahe kami papuntang ospital. Pero hindi ko sinabi kung sinong nagpainom.

Naaawa ako kay Keifer. Ayokong mas mahirapan pa siya sa sitwasyon ng kapatid niya. Gusto kong sabihin sa kanya ang totoo pero baka masaktan siya. Pero kung hindi ko naman gagawin baka ulitin niya kay Keiren ang nangyari at baka sa susunod hindi na maagapan. Ang hirap magdisisyon kapag involve ang mga taong mahahalaga para sa kanya.

Pero mukang hindi ko na kailangang pag-isipan dahil sa mga sunod niyang sinabi.

**"It was Keigan who put the glue in your drink."** Hindi 'yon patanong.

Mahirap para sa kanya na akusahan ang sariling kapatid pero sa pagkakakilala ko sa kanya hindi siya basta-basta maga-assume lang. Malamang na meron siyang ebidensiya.

Kahit ayokong sumagot ginawa ko pa rin. Hindi dahil para magsumbong o para makaganti sa ginawa sa'kin. Dahil baka gawin niya ulit 'yon at baka sa susunod mas malalang lason na ang gamitin niya. Tipid akong tumango at nakita ko ang sakit sa mga mata niya.

Sandali niyang tinignan si Keiren sa kabilang kama. Kasalukuyang sinasaksakan ng gamot ang I.V. tube niya kaya wala sa'min ang atensyon niya. Binalik ni Keifer ang tingin sa'kin.

**"I'm so sorry."** halos pabulong niyang sabi at ramdam ko ang panginginig ng kamay niya. **"I shouldn't have trust Keigan, especially with his condition now."**

*Walang may gusto nito. Wag ka magsorry.*

Hinawakan ko kamay niya para iparamdam ang gusto kong sabihin. Ayokong dagdagan ang suliranin niya. Kung pwede ko lang sana siyang tulungan. Kung sana lang hindi ko ininom ang binigay ni Keigan, hindi sana siya nahihirapan ngayon.

**"Umalis ako para ibili siya ng pagkain. I didn't know that he have a plan to hurt you and Keiren."** Pinisil niya ang kamay ko. **"Nahihirapan na ko sa kalagayan niya. He's unpredictable. Each day, he comes up with something new."**

Malalim siyang napabuntong hininga. Halatang pinipigil ang maiyak sa harap ko. Pero ramdam ko ang pagkadurog ng puso niya sa paghawak pa lang niya sa kamay ko.

**"I know he is getting worse."**

Natatakot ako para sa kanya. Ayokong pag-isipan ng masama si Keigan pero hindi ko maiwasang isipin na baka sa susunod matindi na ang gawin niya. Baka si Keifer naman ang target niya painumin ng kung ano.

Naaawa ako sa batang 'yon dahil baka pareho kami ng sitwasyon. Halos pareho kami ng symptoms sabi ni Keifer. Pero ayokong umabot sa kagaya niya na sasadyaing saktan ang kapatid. Alam kong nakapanakit na ko ng iba at pati na rin ang kapatid ko nasaktan ko. Pero hangga't maaari ayokong maulit 'yon. Kung kaya ko lang ikakadena ko ang sarili ko tuwing aatakihin ako.

Huminga ulit ng malalim si Keifer at hinalikan ang kamay ko. Inabot ng isang kamay niya ang pisngi ko at hinimas gamit ang hinlalaki.

Pinilit kong ngumiti para ipaalam sa kanya na magiging maayos din ako. Hindi ko nga lang mailabas ang ngipin ko dahil hindi pa ko nagsisipilyo at malamang na mabaho ang hininga dahil sa pagsuka ko.

*Baka siya naman ang ma-ospital dahil sa amoy.*

Bumalik si Kuya kaya napilitan ang Hari na bitiwan ako. Kasunod niya ang doctor at meron itong sinabi sa ilang nurse na malapit sa'min.

**"Ililipat na kayo sa kwarto niyo."** sabi niya.

**"Can they stay in a same room?"** tanong ni Keifer patukoy sa'kin ay sa kapatid niya.

**"No."**

Napangiwi ako. Wala naman sigurong problema kung magkasama kami ni Keiren sa iisang kwarto. At mas gusto ko 'yon para may kasama rin ako.

**"Put them in the same room."** pagpipilit ng Hari.

*Sige, pilit pa. Pilitin mo ang anghel na may ugaling demunyu.*

**"Who are you to command?"**

**"Keifer Watson."** mapang-asar na sagot ng Hari.

Pinagtaasan agad siya ng kilay ng pinsan ko. Saan kaya siya humugot ng lakas ng loob na sumagot ng gano'n kay Kuya?

*Paki-reveal and tutorial please.*

Kailangan ko din 'yan. Sa ngayon kasi hindi ko pa pwedeng isumbat ang isla ko kay Kuya. Kailangan ko pa ng lakas ng loob para do'n. 'Yun ang susi sa matiwasay na pagsagot sa pinsan ko. Like, walang takot mapalayas kasi merong pupuntahan.

**"I think, that is a good idea. Para sabay silang mamonitor,"** sabi ng Doctor na lumapit sa kama ni Keiren para tignan ang chart.

Napailing si Kuya pero mukang napilitan din siyang pumayag. Nakipag-usap ulit siya sa Doctor at minuto lang ang binilang meron ng nagtulak sa hinihigaan naming hospital bed. Magkasunod kaming nilipat ni Keiren sa iisang kwarto.

Mahimbing ang tulog ng bunsong kapatid ni Keifer. Hindi ko maiwasang mainggit sa kanya. Sinubukan kong ipikit ang mga mata ko pero hindi ako makatulog dahil sa ingay ni Kuya Angelo at Hari ng mga Ulupong. Nagtatalo sila na hindi ko naman maintindihan.

*Wow, tuloy lang. Hindi kayo nakakaabala nyan.*

Mukang napansin naman nila na gusto ko ng magpahinga. Tumalikod si Kuya at sumenyas na lalabas muna. Lumapit sa'kin si Keifer at hinalikan ako sa noo.

**"Sleep. I'll stay here to watch you and Keiren."**

Tumango naman ako at bahagyang umayos ng higa bago ipikit ang mga mata. Dala na rin ng pagod dahil sa nangyari mabilis akong nakatulog. Naramdaman ko pa ang haplos ng kamay ng Hari kaya napangiti ako.

Mukang bumawi naman ang katawan ko ng enerhiya sa pagtulog dahil sobrang haba ng tinulog ko. Madilim na ng magising ako. Walang Keifer sa tabi ko pero merong Keigan na umiiyak sa tabi ni Keiren. Pahikbi-hikbi siya habang hawak ang kamay ng kapatid.

**"I'm sorry. I'm so sorry. I-I swear, I didn't mean to hurt you,"** sabi niya habang halata ang pagmamakaawa.

Wala pa ring malay si Keiren. Pinili kong magpanggap na tulog para hindi siya mailang.

**"Forgive Kuya, please. I-I'm not a bad guy. I don't w-want to be a bad guy."** Napahagulgol siya ng iyak. **"Hindi ako 'yon. Hindi ko gustong gawin 'yon."**

Kusang kumirot ang puso ko sa mga sinabi niya at sa pag-iyak niya. Ramdam ko ang paghihirap na para bang meron siyang dala o kinakaharap na hindi niya masabi sa iba. Naiintindihan kong nagsisisi siya sa ginawa niya pero hindi ko maintindihan ang ibig niyang sabihin na hindi siya 'yon.

*Pareho ba tayo ng kalagayan?*

Ilang sandali pa siyang umiyak. Paulit-ulit sa paghingi ng tawad sa kapatid na wala pa ring mulat. Nang tumahan siya naramdaman ko ang paggalaw niya. Akala ko lumipat lang siya ng pwesto sa kama ni Keiren pero naramdaman ko ang presensya ng tao sa tabi ko.

Pinili kong hindi gumalaw at ipagpatuloy ang pagpapanggap na tulog.

**"You should be the one suffering, not my brother. Kasalanan mo 'to,"** sabi niya.

Bago ko pa man maintindihan ang gusto niyang iparating, naramdaman ko ang dalawang kamay niya sa leeg ko. Agad akong napadilat at hinawakan ang braso niya para subukang alisin sa leeg ko. Pero hindi pa rin ako gano'n kalakas at kahit pagsigaw hindi ko rin magawa.

*Anong ginawa ko? Bakit sa'kin siya nagagalit?*

**"K-Keig-gan."** Habol ang hangin at paos kong tawag sa kanya.

**"Just please, die. For our peace,"** sabi niya at nagawa pang sumampa sa kama para magkaroon siya ng pwersa sa pagsakal niya sa'kin.

Hinampas-hampas ko ang kamay niya pero walang naging talab 'yon. Masakit ang leeg ko at para akong nalulunod na pilit humahagilap ng hangin. Kusa akong napaluha habang unti-unting nagdidilim ang paningin ko.

*Sa ganitong paraan na lang ba ko matatapos?*

Pabagsak na ang kamay kong nakahawak sa braso ni Keigan ng may biglang humila sa kanya palayo sa'kin. Agad akong nakahinga kasunod ng pag-ubo. Hinawakan ko ang leeg kong ramdam pa rin ang mga kamay niya. Bahagya akong umatras.

Nang iangat ko ang paningin ko, mas lumaki ang kaba ko. Hindi ko siya pwedeng makalimutan dahil tinutukan niya kong baril. *Dylan.*

**"Easy,"** sabi niya at sinikmuraan ng kasama niya si Keigan.

Agad siyang bumagsak sa sahig at sunod-sunod na napaubo. Pero hindi pa do'n natapos. Ini-angat ulit nila si Keigan at kasunod no'n ang pagpasok sa pinto ng Tatay nila ni Keifer. Tinignan niya si Keigan na para bang isang nakakadiring basura sa harapan niya.

*Tangina, bakit nandito kayo?*

Tinanggal niya ang suot na gloves at isang malakas na sampal ang binigay niya kay Keigan. Kita ko ang takot at sakit sa muka niya pero hindi niya magawang sumigaw o magreklamo. Parang merong pumipigil sa kanya.

**"You are always a disappointment. Hindi ka na dapat nabuhay,"** sabi ng Tatay niya at binitawan nila si Keigan.

Awang-awa ako sa kanya ng makita ko siyang unti-unting gumapang papunta sa sulok. Tahimik niyang niyakap ang dalawang binti at pilit tinago ang muka sa mga tuhod. Gustohin ko man siyang lapitan hindi ko magawa dahil mas nangingibabaw sa'kin ang takot sa Tatay nila.

Titig na titig siya sa'kin. Literal na nanginig ang mga kamay ko. Gusto kong tawagin si Keifer pero wala akong lakas para makasigaw. Masakit din ang lalamunan ko dahil sa pagsakal ni Keigan. Kusa na lang akong naiyak.

Ngumiti siya ng mapang-asar. **"Relax. I'm not here for you."**

Tinignan ang bunsong anak na nakahiga sa kama. Gano'n din ang ginawa ko at kusang bumalik sa'kin ang nangyari no'ng nasa mansyon nila kami.

*Kukuhanin niya si Keiren!*

Ganon na lang ang taranta ko ng marinig ang mahinang pag-iyak ni Keiren. Gising na rin siya at mukang alam na niya ang mangyayari. Dahil sa parehong kalagayan namin wala siyang lakas para tumayo at tumakbo paalis.

*PUTANGINA, HINDI PWEDE!*

Sinadya niyang wala si Keifer dito. Hinarap ko si Keigan sa pagbabaka-sakali na makakahingi siya ng tulong pero katabi na niya si Dylan at parang merong binubulong sa kanya para tumahan.

*Walang pwedeng tumulong sa'min!*

Makukuha niya si Keiren ng walang kahirap-hirap. Wala kaming kalaban-laban.

Lalong lumakas ang pagiyak ni Keiren nang makalapit na ang Tatay niya sa kanya. Wala na kong lakas pero alam kong kailangan kong gawin 'to. Kailangan kong subukan kesa naman wala akong gawin.

Dahil sa panlalambot, nahulog ako sa kama para lang makalapit. Nabigla sila sa ginawa ko pero hindi ko naman 'yon ininda. Pagapang akong lumapit sa kama ni Keiren at dahil hindi ako makatayo halos paluhod ko siyang inabot sa braso. Hinarap ako ng bata na para bang nagmamakaawa sa'kin.

Alam kong natatakot siya. Alam kong ayaw niyang sumama at kagaya ko hindi rin siya papayag makuha. Kahit walang lakas gagawin ko ang makakaya ko para lang wag siyang makuha.

Narinig ko ang mahinang pagtawa ng Tatay nila. Para bang namamangha siya sa ginawa ko. Lumakad siya palapit sa kabilang bahagi ng kama kung nasan ako. Hawak ko pa rin si Keiren kahit unti-unti akong umaatras palayo. Pero naging imposible 'yon dahil sa kalagayan ko.

Bahagya siyang umupo para makatapat ako. Hindi ko inaalis ang mga tingin ko sa kanya kahit umaagos ang luha ko dahil sa pinaghalong takot at sakit ng katawan. Ginamit niya ang isang kamay para hawakan ang baba ko at bahagyang itaas 'yon. Tinignan niya ang leeg ko na mukang nagkaroon na ng marka dahil sa pananakal ni Keigan.

Pinagtawanan niya ko. **"You're a spitting image of your mother."**

*Wala na bang bago? Narinig ko na 'yan.*

**"So as her attitude,"** dagdag niya pa.

Binitiwan niya ko pero hindi siya umalis sa harapan ko.

**"You better watch Keifer. He will turn into a monster and you will be her first to devour."**

Tumayo siya at dinig ko ang mahina niyang pagtawa. Hindi ko magawang sumagot o magsalita dahil sa kawalan ng boses. Tanging pag-agos lang ng luha ang naging tugon ko sa kanila.

*Hindi mo siya katulad. Hindi kayo magiging magkatulad.*

Gusto kong isigaw 'yon pero masyadong masakit ang lalamunan kahit sa simpleng paghahabol lang ng hininga. Hawak ko pa rin si Keiren sa braso habang pinapanood ang Tatay nilang umalis. Naiwan si Dylan na kasalukuyang may inaabot na sobre kay Keigan. Pero dahil mukang wala sa sarili ang kaharap, sa'kin na lang siya lumapit at inabot ang sobre.

**"Please give this to Keifer. And let him know that I will try my best to help him."**

Tinanggap ko ang sobre at pinanood siyang umalis kagaya ng iba. Pagsara ng pinto tsaka malakas na umiyak si Keigan. Para siyang takot na takot sa kaharap niya kahit wala na sila. Hawak niya ang magkabilang tenga at minsang sasampalin ang sarili.

*Anong nangyayari?*

Malakas ding umiyak si Keiren at sa hindi ko maintindihan na dahilan pati ako napahagulgol na rin. Nailabas ko na ang kaninang takot ko sa ginawa ni Keigan sa'kin at sa pagdating ng Tatay nila. Dalawang kamatayan ang nakaharap ko sa kwarto na 'to.

Ilang minuto lang ang nagtagal at bumukas ulit ang pinto. Magkasunod na pumasok si Keifer, Kuya Angelo at Percy na halatang naguguluhan sa nangyayari.

**"A-Anong ganap?"** tanong pa niya at natigilan ng makita ang itsura ko.

Nalito si Keifer sa kung sino ang unang lalapitan pero si Kuya Angelo na ang nagdesisyon. Nakita agad niya ang pagwawala ni Keigan kaya siya ang una niyang tinugunan. Hinawakan siya ni Kuya para pigilan sa pananakit sa sarili.

Si Percy naman ang lumapit sa'kin at tsaka nilapitan ni Keifer si Keiren.

**"Sis, we're here. Please calm down,"** pagpapakalma sa'kin habang hinawakan ang kamay kong nakakakapit kay Keiren.

Dahan-dahan niya kong pinabitaw at inalalayang makaupo sa sahig. Hinubad niya ang suot na jacket para ibalot sa'kin. Tinabihan niya ko sa sahig bago yakapin at hayaang humagulgol sa tabi niya.

*Natatakot ako.*

Gusto kong sabihin 'yon pero hindi ko pa rin magawa. Mahigpit ang hawak ko sa sobreng inabot ni Dylan. Nanginginig pa rin ako kahit alam kong nandito na sila Kuya at ligtas na ko.

Tumigil sa pagiyak si Keiren pero nagwawala pa rin si Keigan. Kinailangan na nilang magtawag ng Nurse at Doctor na pwedeng magsaksak ng pampaklama sa kanya. Nailipat na rin ako sa kama ko at naibalik na din ang I.V. na nahugot pala mula sa kamay ko ng mahulog ako.

Naging abala rin ang Doctor sa pagtingin sa lalamunan at leeg ko. Sinubukan niya kong pagsalitain pero tunog lang ang tanging lumabas na naging makirot pa sa lalamunan ko. Nilagyan nila ko ng neckbrace bilang suporta.

**"He was here,"** sabi ni Kuya kay Keifer pag-alis ng mga Nurse at Doctor.

**"Yes. But it wasn't clear why."** tinignan niya ang kapatid na nakatulog na ulit. **"Pwede na niyang makuha si Keiren pero hindi niya ginawa."**

**"And why did they hurt Jay."** dagdag ni Kuya.

Mukang akala nila na ang Tatay ni Keifer ang may gawa sa'kin nito. Hindi ko naman magawang kontrahin dahil sa kawalan ng boses. Pero mas mabuti na rin siguro na ganito. Ayokong dagdagan ang stress ni Keifer sa pamilya niya. Tama ng alam niyang nilason kami.

*Ano na lang gagawin niya kapag nalaman niyang pinagtangkaan ako?*

Hinarap ko si Percy na kasalukuyang inaayos ang kumot ko. Bakas ang pag-aalala sa muka niya.

Ngumiti siya ng makitang nakatingin ako sa kanya. **"Ilang araw lang tayong hindi nagkita, na-ospital ka na naman. Gusto mo dito na tumira?"**

Tipid akong ngumiti at hinampas siya. Dahil sa panghihina parang naging tapik lang 'yon at kinatawa niya. Ginaya pa niya ang ginawa ko sa kanya.

Napatingin sa sobreng hawak ko sa isang kamay. **"Ano ba yan? Bakit ayaw mo bitawan?"**

Sinubukan niyang kuhanin sa kamay ko pero hindi binitawan. Agad kong tinuro ng isang daliri si Keifer. Sakto namang nakatingin pala siya sa'min. Lumapit siya at kasunod si Kuya Angelo.

**"Do you need anything?"** tanong niya.

**"Miryenda raw para sa'kin,"** sabi ni Percy pero hindi siya pinansin ng Hari.

Inabot ko sa kanya ang sobre na mabilis naman niyang tinanggap. **"For me?"**

*Ay malamang, sa'yo nga inaabot ay.*

**"Ano ba yan? Liham para kay Ate Charo?"** singit ni Percy at lumapit pa kay Keifer para tignan ang nakasulat.

Pero hindi na niya binuklat ang laman. Tinago na lang niya 'yon sa bulsa niya.

**"I will read it later."**

Bumalik sila sa pag-uusap ni Kuya Angelo. Halatang nagagalit ang pinsan ko sa nangyari. Bahagya pa silang lumayo pero lumalakas na naman ang mga boses nila.

Nabaling lang ang atensyon ko kay Percy na pilit sumisiksik sa higaan ko. Humiga rin siya na para bang pasyente rin siya.

**"Hindi siguro alam ni Aries na nandito ka,"** sabi niya at natigilan ako. **"Kanina ka pa hinahanap no'n sa'kin."**

Para sa'kin mas mabuti ng hindi niya malaman. Pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan niya kong hanapin. Dapat nga makahinga siya ng maluwag at nawala ako sa bahay. Walang magdadala ng malas sa kanya.

*Dapat nahulaan niya 'yon.*

**"Excited pa naman 'yon. Meron siyang ibabalita sa'yo."** dagdag pa niya.

Tinignan ko siya at hinintay ang sunod niyang sasabihin. Umaasang may clue siya sa kung anong ibabalita ng kapatid ko. Pero tinignan lang niya ko at mapang-asar na ngumiti.

**"Pilitin mo ko."** sabi niya.

*Lumakas lang ako, may kutos to sa'kin.*

Alam niyang hindi ako makakapag-salita kaya gano'n na lang ang pang-aasar niya. Dapat nga magpasalamat siyang wala akong boses dahil malaman ko umiyak siya sa nalaman ko kaninag umaga.

*Hindi na sa kanya dadapo ang bubuyog.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 365

**A/N:** Hello, namiss ko mag-update. Naging busy ako na umabot sa point na napalayo ako sa AMNSE. Thankfully nakakabalik-balik na ko sa connection ko sa story. Sana tuloy-tuloy na, gusto ko na rin matapos. Excited na ko sa story ng mga Ulupong.

## The Key

***Jay-Jay's POV***

Hindi na ko nakapasok. Hindi pa rin kasi kami binibigyan ng go signal ng Doctor. Idagdag pang lumala ang sitwasyon ko dahil sa pananakal sa 'kin ni Keigan. Pero hindi kagaya kahapon kahit papano nakakabigkas na ko ng mga salita. Tinanggal na rin ang neck brace dahil hindi naman na ganon kasakit kapag ginalaw ko ang leeg ko. May kaunting kirot sa lalamunan at paos na paos ang boses ko pero okay na rin. Gagaling din naman ako.

*Makaka-kanta din ako, ala-Sarah G.*

**"T-Tubig,"** mahina kong hiling kay Kuya.

Tinignan ni Kuya ang Doctor para humingi ng permiso. **"Doc, pwede na ba siya magtubig?"**

**"Wala pang 24hrs, dampi lang ng tubig ang pwede."**

*Uhaw na uhaw na ko.*

Kumuha si Kuya ng bulak at binasa 'yon ng tubig tsaka dinampi sa labi ko. Parang nainis lang ako sa ginawa niya. Hindi man lang sumayad sa bibig ko. Sana sa lalamunan ko na lang sinaksak ang dextrose.

*Sino kayang tao nabuhay sa dampi ng tubig?*

Umalis ang Doctor at kasama niyang Nurse matapos tignan si Keiren. Wala si Keifer pero narinig ko sila ni Kuya kaninang umaga na nagtatalo. Pinipilit siyang papasukin sa school ng pinsan ko.

Mukang si Kuya Angelo ang nanalo dahil malamang wala dito ang Hari. Kaya tuloy siya ang kasama namin dito sa kwarto na wala man lang ibang ginawa kundi ang harapin ang iPad niya at mga papel.

Gusto ko na kumain. Gutom na gutom at uhaw na uhaw na ko. Ayoko ng ganitong pakiramdam. Para akong mauubusan ng kaluluwa. Tapos sasabayan pa ng imagination ko ng mga pagkain. Baka hindi na ko makapagpigil kainin ko na lang sarili ko dahil sa gutom.

*Ano kaya lasa ko? Baka maalat kasi hindi ako naligo.*

Napatingin ako sa pinto ng bumukas 'yon. Dahan-dahang pumasok si Keigan habang nakayuko. Binati niya si Kuya at nagpaalam na pupuntahan ang bunsong kapatid.

**"How are you feeling?"** tanong naman ni Kuya sa kanya.

**"I'm a bit okay, I guess?"** pilit na sagot niya.

Tumango lang ang pinsan ko sa kanya bilang pagtanggap sa sagot niya. Lumapit siya kagad sa kapatid para halikan sa noo pero pinunasan naman agad ni Keiren 'yon. Nagpilit ng ngiti si Keigan at nagsimula siyang kausapin. Pinili kong wag sila pakinggan at pumikit na lang para matulog.

Pero paano kaya ako makakatulog kung fried chicken, lumilipad na liempo, nagswimming na lechon at umaagos na noodles ang nakikita ko? Meron pang pumuputok-putok na puto sa ibabaw ng dinuguan. Sasabayan pa ng sisig na sumasayaw na sisiw sa ibabaw.

Gusto kong maiyak pero kailangan kong magtiis. Para naman daw sa ikabubuti ko 'to.

*Sinong bubuti sa hindi pag-inom ng tubig?*

Hindi nga ako namatay sa lintik na glue at pananakal ni Keigan, mamatay naman ako sa uhaw. Gusto ko pa ng tubig.

*TUBIG!!!!!*

Dinilat ko ang mga mata ko para sana tawagin si Kuya pero ang muka ni Keigan ang bumungad sa 'kin. Napasigaw ako dahil sa gulat at takot. Nagtunog matanda nga lang ako dahil sa paos na boses.

Dahil din sa ginawa kong pagsigaw mukang nagulat si Kuya Angelo. Nabitawan niya kasi ang hawak pagkasigaw ko.

**"What's wrong?"** tanong niya matapos tumayo at akmang lalapitan ako.

Napatingin ako kay Keigan na nakatingin din kay Kuya. Hindi ko maiwasang matakot sa kanya. Naalala ko pa rin ang ginawa niya kahapon. Dito sa parehong kwarto at sa tabi lang din ng kapatid niya.

*Markado pa leeg ko.*

**"W-Wala. Nagulat lang."** sagot ko na nagpakirot ng lalamunan ko.

Tinignan lang kami ni Kuya bago pulutin ang nalaglag at bumalik sa pwesto niya. Hinarap ko si Keigan na nakaharap na ulit sa 'kin. Bahagya siyang lumapit kaya napaatras naman ako.

Ilang beses akong tumingin kay Kuya. Hindi ko maiwasan. Kahit andito siya hindi ko masasabi na hindi mauulit ang pananakal sa 'kin. Paano kung maisipan na lang niya kong saksakin?

*Sandali! Walang laman tyan ko!*

Paano kung ganon nga? Edi lumuwa laman loob ko? Dahil wala pa kong kinakain tuyot ang bituka ko paglabas.

Pwede bang mamaya na lang niya ko saksakin? Kakain muna ako. Lalagyan ko muna laman bituka ko. Ang pangit tignan parang lobong walang hangin magiging itsura ng laman ko.

**"Hey. . ."** tawag niya sa 'kin at alanganin akong ngumiti na mas nagmukang ngiwi.

Mas lumapit pa siya kaya napasandal na ko sa headboard ng hospital bed.

**"I just want to say sorry, about yesterday."** malumanay niyang sabi.

*Muntik na kong ma-dedz tapos sorry.*

Gusto ko siyang batukan matindi-tindi. Hindi lang niya ko iisang beses pinagtangkaan. Dalawa 'yon! Hindi successful ang una kaya may pa-second round siya.

Pero dahil mabait ako—*alam ko hindi lang halata.* Papakinggan ko ang paliwanag niya sa ginawa niya sa 'kin o sa 'min ng kapatid niya. Handa naman akong intindihin siya dahil alam ko din naman na meron din siyang pinagdadaanan.

**"I will not explain myself to justify my actions."**

*Ampowta.*

Napakurap-kurap ako bago maintindihan ang sinabi niya. Siya lang yata ang kilala kong hindi nagpaliwanag matapos mag-sorry.

Kung sa bagay mas malala pa ang Kuya niya nung mga panahong nag-aaway pa kami. Ayaw na nga magsorry, ayaw pang magpaliwanag. Bigla ko tuloy na-miss yung dating kami. Yung malaya pa kong murahin siya ng walang halik.

*Balik na tayo kay Keigan.*

**"Ano?"** paos na tanong ko.

Ang dami ko talagang tanong pero yan lang ang lumabas sa bibig ko. Ang hirap pa ring magsalita. *Tubig kasi! Kailangan ko ng tubig.*

**"Listen."** naupo siya sa tabi ko kahit hindi ko naman sinabi. **"There is a lot of thing going on inside my head. You will never understand no matter how hard I try to explain."**

Tumango lang ako kahit ang totoo mas gusto kong ipaliwanag niya. Gusto ko ring malaman kung bakit ganon ang galit niya sa 'kin at kung ano ba ang nagawa ko sa kanya.

*Pero wala akong magagawa kung ayaw talaga.*

**"I swear, I'm not a bad person."** bulong niya habang nakayuko at nakatingin sa mga kamay niya.

Sana nga hindi talaga. Sana nga hindi ka talaga masamang tao. Sana nga pagkakamali lang ang ginawa mo. At sana hindi na maulit pa. Pero imposibleng hindi. Si Keifer na ang nagsabi na mahirap ng hulaan ang sunod niyang galaw.

Napabuntong hininga siya bago tignan ang kapatid na nasa kabilang kama. Nakatingin lang din si Keiren sa 'min at nakikinig. Merong kinuha si Keigan mula sa bulsa niya. Tinignan niya 'yon sandali bago ako harapin ulit.

**"In case something bad happens to me. Please give this to my brother Keifer,"** sabi niya at inabot sa 'kin ang hawak.

*Susi.*

Tinitigan ko 'yon bago siya balikan ng tingin.

**"In my room just under my bed you'll find the key hole. The answer to his questions are in there,"** paliwanag niya.

Nakaka-intriga. Bakit may pa-susi? Ano bang laman no'n at bakit kailangang itago? Pero mukang mahalaga at malaking pasabog dahil kailangan ibigay ko lang kapag may nangyari sa kanyang masama. Kung nandon na pala ang sagot bakit hindi pa niya ibigay kay Keifer ngayon. Para matulungan siya sa kung ano mang pinagdadaanan niya?

**"S-Sandali — "** hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng tumayo siya at lapitan si Keiren.

Niyakap niya ang kapatid ng mahigpit at bumulong ng '*I love you*'. Ewan ko pero kinakabahan ako sa kilos niya. Pakiramdam ko merong siyang gagawin na hindi maganda at sa pagkakataon na to, sa sarili naman niya.

**"Keigan."** Sinubukan ko siyang tawagin pero dahil sa hirap magsalita, hindi ko rin alam kung paano siya kakausapin.

Bumitaw siya sa kapatid at tipid na ngumiti sa 'kin. **"I'm going back to my room now. Take care of my brother please."**

Tumalikod siya para maglakad paalis. Nagpaalam pa siya kay Kuya at nagpasalamat. Tumayo naman ang pinsan ko para ihatid siya sa kwarto niya. Mas gusto ko kung mag-stay siya don para mabantayan si Keigan.

Tinignan ko ulit ang susi. Kamuka ng susi sa mga drawer pero medyo luma. Malalaki ang ngipin o ang uka-uka sa dulong bahagi.

Hinarap ko si Keiren na nakatingin din sa hawak ko. Iaabot ko sana kanya pero humiga siya at tumalikod sa 'kin. Halatang ayaw makipag-usap.

**"He always scared me but I still want him to be okay,"** sabi niya ng hindi ako hinaharap.

Hindi ko maiwasang malungkot para sa kanilang magka-kapatid. Lumalaki silang walang magulang at may nagbabanta sa buhay. Si Keifer na pasan ang pagiging panganay at responsibilid na hindi naman dapat siya ang gumagawa. Si Keigan na may sakit kagaya ko. At si Keiren na hindi makaranas ng buhay bata. Ang mura pa ng edad niya pero kailangan na niyang intindihin ang nangyayari sa paligid niya.

Mayaman nga sila pero ang laki-laki naman ng kapalit no'n sa buhay nila. Siguro nga hindi talaga pera ang sagot sa lahat ng problema.

*Minsan pagkain. Daanin mo sa kain.*

Tinabi ko muna ang susi bago humiga ulit para ituloy ang balak kong pagpapahinga. Baka sakaling mabawasan ang iniisip ko kapag natulog ako. Wag ko nga lang sana mabaon ang uhaw sa panaginip ko. Bumalik si Kuya Angelo at naupo sa pwesto niya kanina. Sinubukan ko ulit matulog at mabuti na lang na sa pagkakataon na to, nakatulog na talaga ako.

Alam kong mahaba ang naging tulog ko dahil sa bigat ng katawan ko. Nagising ako sa ingay sa loob mismo ng kwarto na para bang ang dami-daming tao at sa tunog ng cellphone game sa mismong muka ko. Bago ko pa maidilat ang mga mata ko napahawak na ko sa noo ko dahil sa pagkirot ng ulo ko. Nag-inat ako pagkatapos at 'tsaka ko na-realize na hindi ako nag-iisa.

Merong nabunggo ang braso ko. Agad akong dumilat at ang ilaw mula sa cellphone ang una kong napansin. Tinignan kong mabuti kung sino ang katabi ko.

*Batang kumag.*

Lumingon siya sa 'kin. **"Jay-Jay,"** sabi niya at ngumiti ng malapad.

**"Ci,"** paos na bati ko sa kanya.

Agad niyang tinakpan ang ilong. **"Ay ang baho ng hininga mo."**

Mabilis siyang bumangon para umalis sa tabi ko. Sinubukan ko pa siyang hablutin pero nakalayo na siya agad.

**"Ang baho ng hininga ni Jay-Jay,"** sabi pa niya na parang nag-aanunsyo sa taong bayan.

*Kakagising ko lang! Bwisit!*

Agad ko napansin kung sino-sino ang nasa kwarto. Tama pala ako na maraming tao dito at sila ang maingay na naririnig ko. Pero hindi bastang kung sinong tao lang.

*Ang mga Ulupong, vow!*

**"Gising na si Jay-Jay!"** sigaw ni Eren at naglapitan naman ang mga kaklase namin.

**"Wag kayo masyado lalapit. Mabaho hininga niya!"** pigil ng Batang Kumag sa kanila.

Agad akong napasibangot. *Esushme!* Unang-una hindi ko ginustong mabaho ang hininga ko. Pangalawa, walang laman ang tyan ko kahit tubig. Ikatlo, kahapon pa ko hindi nagsisipilyo. Kaya malamang na babaho talaga ang hininga ko at hindi na kailangang ianunsyo yon.

Hayop na yan! Daig pa radyo at journalist sa pagbalita. Baka gusto niyang ipa-tarpaulin pa. Nakakahiya naman.

**"Tarantado ka,"** sagot naman ni Drew sabay tawa.

Nang makalapit naman sila sa 'kin agad din naman silang naglayuan habang nakatakip sa mga ilong nila.

*Ganon kabaho hininga ko?*

**"Mabaho nga Jay,"** sabi ni Felix.

Bigla akong nakaramdam ng hiya. Gusto kong maiyak dahil sa kahihiyan. Pasimple kong nilapit ang kamay ko sa bibig ko para hingahan yon at amuyin. Ganon na lang ang iwas ko ng makumpirma kong mabaho nga.

Parang bigla akong nahilo. Hindi nga ako namatay kahapon sa kamay ni Keigan sa hininga ko naman ako mamatay ngayon.

Tinakpan ko ng kumot ang bibig ko. Paano ko ba sila pauuwiin? Hindi na sila welcome dito. Mga Kumag na Ulupong.

*Teka nga! Anong oras na ba at andito na sila?*

Tinignan ko ang pader ng kwarto nagbabaka sakali na may wall clock dito. Hindi naman ako nabigo dahil ang laki ng orasan sa katapat kong pader.

3PM pa lang. Wala pa uwian.

Isa-isa kong tinignan ang mga kaklase ko. Baka meron sa kanilang marunong magbasa ng isip at masagot ang tanong ko. Pero syempre dahil mga tukmol sila walang makakapansin ng gusto ko sabihin.

Napatingin ako sa kama ni Keiren. Wala na kasi siya do'n at mukang inayos na rin ang higaan niya. Pinilit kong bumangon dahil sa gutom pero dahil biglaan ang ginawa ko nahilo kagad ako.

**"Oy, Jay!"** pigil nila sa 'kin.

Si David na malapit sa 'kin ang tumulong sa 'king makaupo ng maayos.

**"Hey...Baka hindi ka pa pwedeng tumayo,"** sabi niya pero hindi ko siya pinansin.

Tinuro ko ang higaan ni Keiren. **"N-Nasan siya?"**

**"Pinauwi na siya. Sa bahay na lang daw siya obserbahan,"** sagot niya.

**"Kaya wala ang labidabs mo, kasi hinatid muna ang kanyang mga kapatid,"** sabi ni Felix at mabilis akong napasibangot.

*Anong labidabs? Bakit tunog aso?*

Narinig ko ang mahinang tawanan nila Drew. **"Hindi yata nagustugan tawag mo."**

Napansin pala nila ang pagsibangot ko sa sinabi ni Felix.

**"Hindi kasi 'yon tawagan nila."** singit naman ni Ci-N. **"Husband and wife daw kasi."**

Mabilis na nang-asar ang mga lintik. Parang gusto ko na lang ulit bumalik sa pagtulog at wala nang gisingan. Nagpunta lang yata sila para bwisitin ako paggising ko.

"*Tamis naman!*"

"*Tangina. Nauna pa tawagan kesa sa label.*"

"*Ganon talaga. Basta magtatagal sila.*"

"*Kahiya naman sa isa dyan, may label pero sandali lang.*"

"*Parang hindi si Eren ang tinutukoy mo.*"

At nauwi na nga sa pangbubuska kay Eren. At syempre hindi siya papayag na pagkaisahan siya kaya naman nauwi sa away ang mga lintik. Mabilis gumitna si Eman sa kanila. Mabuti na lang din at bumukas ang pinto kaya naagaw non ang atensyon naming lahat.

Pumasok si Kuya Angelo kasunod si Sir Alvin. Napatingin naman sila pareho sa mga Ulupong.

*Pakibanatan nga sila Sir.*

**"Sir! Wag ka lalapit kay Jay-Jay mabaho hininga niya,"** sabi ni Ci-N na kinatawa naman ni Sir Alvin.

*Tangina naman.*

Bakit ba kailangan pang ianunsyo ang hininga ko? Hindi naman lason sa baga ang epekto nito. Akala mo naman nakamamatay at kailangan ng warning bago lumapit sa 'kin. Si David nga nakatagal sa tabi ko.

Nilingon ko siya at makailang beses kong nakita ang pasimpleng pagkakamot sa ilong niya. Hindi ko tuloy maiwasan isipin na baka sobrang baho nga kagaya ng sinasabi ni Ci-N.

Sa ikalawang pagkakataon nilapit ko ang palad ko sa bibig at ilong bago hingahan ng malakas.

*Anak ng pitongput puting tupa.*

Parang gusto ko masuka. Napaka-baho nga ng hininga ko. Kailangan ko yata ng oxygen, isang tangke. Hindi ako makahinga sa sarili kong hininga.

Kasalanan to ni Kuya Angelo. Kung binigyan lang sana niya ko ng tubig hindi magiging ganito kabaho hininga ko.

Speaking of the devil na mukang anghel, naglakad siya palapit sa 'kin kaya agad na umalis si David sa tabi ko at lumipat sa hinigaan ni Keiren.

**"Do you feel better now?"** tanong niya.

**"Tubig,"** buong lakas na sabi ko at alam kong naamoy niya ang hininga ko dahil sa pagsibangot niya bago gamitin ang daliri para takpan ang ilong.

**"Damn, your breath can kill,"** komento niya at literal akong napanganga.

*Tanginang hininga 'yan. Ka-level na ba ng poison gas hininga ko?*

Sa lahat ng sama ng loob ko kay Kuya Angelo, ngayon ko masasabing ang sama niyang tao. Sabi ko na nagpapanggap talaga siyang anghel.

**"Tubig."** pag-uulit ko.

Tumalikod siya at lumapit sa lamesa kung nasan ang tubig sa pitsel. Kumuha siya ng baso at nagsalin. Wala pa man din pero takam na takam na ang lalamunan ko. Pero ganon na lang ang pagsibangot ko ng makita ko kung gaano karami ang tubig na sinalin niya.

**"Here. Ito pa lang daw ang pwede sa'yo,"** sabi nya habang inaabot ang baso paglapit sa 'kin.

Nakakaiyak. Hindi man lang sasayad ang tubig sa lalamunan ko. Sobrang kaunti lang nito. Bata lang ang umiinom ng ganyan karami. *Muka ba kong bata?*

Gusto kong magreklamo pero wala naman akong choice, ininom ko na lang. Parang mas lalo nga lang akong nauhaw. Binalik ko ang baso kay Kuya.

*Gusto ko pa! Hwateer!*

Tinignan ko ang mga Ulupong at si Sir Alvin na kainausap sila. Gusto ko sanang tanungin kung bakit andito sila ng ganito kaaga, hindi pa naman uwian sa school. Pero andito si Sir, baka wala talagang pasok. Baka may pa-meeting si School kaya pinauwi sila maaga.

**"Nahingi ko na mga lessons niyo sa ibang Teacher niyo, pag-aralan niyo to mamaya,"** sabi ni Sir at inabot ang ilang papel sa mga kaklase ko.

Pati ako inabutan din ni David. Binasa ko 'yon at napansin ang mga subject ay para sana sa panghapon. Taka akong napatingin sa kanila.

**"Pinilit nilang wag na pumasok at magpunta na lang dito,"** paliwanag ni David.

Ang bilis niyang naintindihan ang pagsibangot ko, iba talaga ang sosyal na instinct. Sira-ulo talaga ang mga Ulupong na 'to pero napangiti naman ako. Para lang mabisita ako hindi na sila pumasok ng pang-hapon. Minsan iba talaga mag-alala ang mga kumag na 'to.

**"Hay, nakakatamad talaga mag-klase sa hapon,"** sabi ni Mayo at nahiga sa kama ni Keiren.

*Eh?*

**"Dito na lang tayo, aircon pa,"** sabi ni Drew at tinaas ang kamay para saluhin ang hangin mula sa aircon.

*Ano?*

**"Pwede na ba umalis? May date ako,"** paalam ni Eren pero pinigilan siya ni Kit.

*Whut?*

**"Nagugutom ako. Ilibre mo nga ako,"** utos ni Rory kay Edrix pero gitnang daliri lang ang naging sagot sa kaniya ng kaibigan.

Bakit pakiramdam ko gusto lang talaga nila umalis ng school at ginamit lang akong excuse? Kilala ko 'tong mga 'to, alam kong nag-aalala sila sa 'kin pero hindi rin mawawala ang mga kalokohan nila.

**"Okay naman si Jay-Jay, tara alis na tayo!"** aya ni Blaster at akmang lalakad palapit sa pinto pero biglang bumukas 'yon at pumasok si Percy.

**"Bakit ang papanget niyo?"** bungad niya at agad siyang sinagot ng mga loko.

"*Kapal ah!*"

"*Sa 'yo pa talaga galing yan!*"

"*Hiyang-hiya kami sa 'yo.*"

Naglakad lang siya na parang walang narinig. Lumapit siya sa 'kin at pinakita ang hawak na mga paperbag at plastic bag na puno ng prutas at pagkain.

**"Pagkain. Malamang nagwawala na ang halimaw sa tyan mo,"** sabi niya at binaba sa lamesa ang hawak.

*Grabe naman sa halimaw.*

Hinarap ulit niya ko pero hindi pa man siya nakakalapit sa 'kin ng magkagulo sa lamesa. Parang mga tigreng nandagit ng karne ang mga Ulupong sa lamesa. Bahagyang napalayo si Sir Alvin at Kuya Angelo dahil sa pagkabigla.

**"Hoy! Mga patay gutom, hindi yan para sa inyo!"** inis na sigaw ni Percy sa kanila.

**"Salamat sa biyaya,"** mapang-asar na sabi ni Felix habang may hawak na donat.

*Gusto ko din niyan.*

**"Parang hindi ka pinapakain sa bahay,"** inis na sabi ni Percy bago niya ambaan ng sipa ang kapatid.

Napatingin ako sa Batang Ulupong ng mapansin kong may hawak siyang fries at burger. Ngumiti pa siya sa 'kin na para bang tuwang-tuwa siya sa nakuha niya.

**"Kapal ng bansot na 'to."**

Akala ko magsisimula na naman sila ng away. Mabuti na lang at hindi siya pinansin ni Ci. Abala siya sa kinakain niya.

Pero kung sila tuwang-tuwa, ako inis na inis. Sa 'kin dapat ang mga pagkain na 'yan pero pinagtigisahan na nila. Tanggap kong patay-gutom din sila pero mas matatanggap ko kung iiwan nila ko ng pagkaing para sa 'kin. Hindi yung sila lang ang nakikinabang.

*Gigil ako.*

**"Yaan mo na nga sila. Bibili na lang kita ulit,"** sabi ng step-brother ko habang nauupo sa tabi ko. **"Maayos na ba pakiramdam mo?"**

**"Medyo,"** sagot ko.

Napaiwas siya ng muka habang hawak ang ilong. **"Sis, nakamamatay ang amoy."**

*Bwisit na yan!*

Bahagya siyang tumawa ng makita ang pagsibangot ko. **"Kung maayos na pakiramdam mo, baka pwede na kayong mag-usap ng isang kapatid natin."**

Tinitigan ko siya na may pagtataka. Wala naman kaming isa pang kapatid.

**"Si Aries ang tinutukoy ko,"** paglilinaw niya.

*Wow. Nakiki-kapatid.*

Mabilis akong umiling. Kung ano ang desisyon ko mula ng bumalik ang ala-ala ko sa ginawa ko sa kanya, ganon pa rin hanggang ngayon. Mas mabuti kung hindi na kami magkita. Iniisip ko na ring planuhing magpaka-layo-layo pagka-graduate ko.

Aayusin ko na ang pagtira ko sa Isla ko. Do'n na ko forever kung meron man non.

**"Mag-usap na kayo. Meron siya surprise,"**

**"Ano naman yun?"**

**"Nanalo ka sa lotto. Tatlong piso,"** sagot niya at humagalpak ng tawa.

*Doc, nakawala po pasyente niyo.*

Pero hindi ko maiwasang ma-intriga sa gustong pag-usapan ni Aries. Baka gusto na rin niya kong umalis sa bahay ng tuluyan.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 366

**Small talks**

***Jay-Jay's POV***

**"MANAHIMIK KA SUPOT!"** sigaw ng Batang Kumag habang pilit hinahablot ang Step-brother ko.

**"PATATAHIMIKIN KITANG BANSOT KA!"** galit na sagot naman ni Percy kabang pilit kumakawala sa pagkakahawak ni Felix.

Sabi ko na, hindi talaga pwedeng hindi magbabangayan ang dalawa na 'to. Kundi lang magagalit si Kuya malamang hindi na sila iintindihin ng mga Ulupong. Napilitan lang silang umawat dahil nakasibangot na si Kuya Angelo sa kanila.

*Sige, magsapakan kayo.*

Tinignan ko si Kuya na nasa tabi ko. **"Penge tubig."**

Umiling siya. **"No. Tama na yung binigay ko sa 'yo kanina."**

Masakit mang aminin, hindi talaga ako mahal ng pinsan ko. Hindi pamilya ang tingin niya sa 'kin. Hindi mahalaga sa kanya ang damdamin ko. Hindi mahalaga sa kanya ang gusto ko.

Simple lang ang hiling ko pero pinagkakaitan niya ko.

*Hindi niya ko mahal.*

**"Maybe tomorrow, you can have as much water as you want,"** sabi niya at napangiti naman ako.

Mahal pa rin pala ako ng pinsan ko. Pamilya pa rin ang tingin niya sa 'kin. Madrama lang talaga ako kapag walang laman ang tyan ko. Pero ramdam ko talaga ang pag-aaruga niya sa 'kin. Basta dapat laging busog.

**"You two need to stop,"** sabi ni Sir Alvin sa dalawang nagbabangayan pero hindi naman siya pinansin kaya ang mga Ulupong ang hinarap niya. **"Palabasin niyo na lang sila. Mukang ayaw talaga tumigil."**

Yun naman ang ginawa ng ibang Ulupong. Hinatak nila ang dalawa palabas ng kwarto. Tinangka pang magpalipad ng sipa ni Ci pero hindi naman umabot.

**"Maliit kasi binti mo, bansot!"** pang-iinis ni Percy bago tuluyang mahatak sa labas.

**"Tumigil ka na!"** sigaw ni Felix sa kanya habang nangunguna sa pag-awat sa kanya.

*Pati si Felix napipikon sa kanila.*

Pagsara ng pinto nagkaroon ng katahimikan. Ito yata ang peace of mind. *Piraso ng utak.*

**"I'm really sorry,"** sabi ni David sa 'min ni Kuya. **"I shouldn't have let them stay in one room."**

Napailing si Kuya habang natatawa. **"They're not your responsibility. Matanda na si Percy alam niyang hindi dapat siya pumapatol sa mas bata sa kanya."**

*Matanda ba 'yung mas isip bata pa kay Ci-N?*

Napangiti lang si David. Hinarap niya ko at inayos ang buhok ko sa muka.

**"I hope you get better para makapasok ka na,"** ngumiti siya sa 'kin bago bitiwan ang buhok ko at  mapaangat ng tingin kay Kuya.

Kita ko ang paglunok niya at pag-iwas ng tingin pero ng tignan ko naman si Kuya nakataas lang ang isang kilay niya sa kanya.

Pati si David natakot na rin sa kanya. *Iba talaga si Angelo.*

**"Sa labas muna ako. They might need me there,"** paalam niya at naglakad na palabas.

Pagsara ng pinto, hinarap ko si Kuya para sana tanungin pero naunahan niya kong magsalita.

**"Hindi niya kasundo si Keifer."**

Manghuhula na ba ngayon si Kuya? Paano naman niya nasabi 'yon? Ang dami naman niyang career.

*Ang daming talent.*

Akala ko 'yung horoscope lang ang pwedeng makaalam ng kapalaran sa pamilyang ito. Sabagay, dati ko pa napapansin na may abilidad talaga si Kuya. Lalo na sa mga bagay na iniisip ko.

*Meron siyang tele-keneme.*

**"Hindi naman masyado. Siya kasi ang dating President ng Section E tapos medyo ano din...hehe."** Hindi ko masabing pinagselosan siya ng Hari ng mga Ulupong. **"Pero mahaba ang pasensya ni David kaya madalang sila magsagupaan."**

*Explain madalang.*

**"Paano ka niya tratuhin?"**

**"Madalas niya kaming ilibre ni Ci-N. Magaling din siya magpayo. Lagi din niya ko pinapakopya ng notes, minsan pati sagot sa test or quiz,"** sagot ko habang nakangiti pero napalitan ng ngiwi ng makita ang tingin sa 'kin ni Kuya. **"A-ano din... pinagtatanggol din ako kapag may mga nang-aaway sa 'kin."**

**"Did he flirt with you?"** tanong niya na pinagtaka ko.

**"Ano? Anong flirt?"**

**"You know what flirt is."**

Alam ko pero yung tanong niya tungkol sa flirt ang hindi ko maintindihan. Bakit naman niya natanong 'yon tapos kay David pa?

**"Alam ko. Ibig ko sabihin ay si David. Bakit mo natanong kung flirt siya sa 'kin?"**

**"Just answer."**

**"Hindi no! Mabait si David pero ni minsan hindi ko binigyan ng ibang meaning mga ginagawa niya,"** sagot ko.

*Hindi nga ba?*

Minsan. Hindi ko naman itatanggi pero mas mabuti ng isantabi ko na lang. Pinakita naman niyang malinis talaga intensyon niya. Pagkakaibigan lang talaga...*yata.* Pero yung trato niya sa 'kin hindi naman nalalayo sa kung paano ako tratuhin ng mga Ulupong, kaya walang dahilan para pag-isipan ko pa siya ng iba.

Tsaka baka ako lang pala talaga nag-iisip ng ganon, edi kawawa naman si David. Ang ganda ng intensyon pero minasama ko.

Wala rin naman siyang sinasabi sa tagal naming magkasama. Partida maraming pagkakataon na kaming dalawa lang ang magkausap. Kaya niniwala naman akong hindi siya nakikipag-flirt sa 'kin.

*Kahit hinalikan niya ko non.*

Napataas ang isang kilay ni Kuya. **"Yeah, right."**

**"Bakit?"** tanong ko pero umiling lang siya.

Naningkit ang mga mata ko sa kanya. Pakiramdam ko meron na naman siyang iniisip tapos damay si Dabid. Kung ano man 'yon sana hindi masama. Bait-bait kaya ng kalaban ni Gulayat na 'yan.

Lumapit si Kuya sa lamesa at nagsimulang magpulot ng kalat na iniwan ng magagaling na Ulupong. Nilagay niya 'yon sa isang plastic.

**"Aries is looking for you,"** sabi niya habang patuloy sa ginagawang pagliligpit. **"Hindi ko pa nasasabi sa kanila na nasa ospital ka."**

Napayuko ako habang pinaglalaruan ang kuko ko. Tama lang na hindi niya sinabi. Hindi rin magandang malaman nilang nagkaganito ako. Ayokong isipin ng kapatid kong nagpapaawa ako matapos ang kalokohan ko sa kanila. Pero pwede naman niyang isipin na karma 'tong nangyari sa 'kin.

*Baka nga karma talaga to.*

Napaangat ang tingin ko ng bumukas ang pinto. Sabay pa kaming tumingin ni Kuya at inabangan kung sino ang papasok.

Sinalubong kami ng pagod na muka ng Hari ng mga Ulupong.

**"Hey..."** bati niya sa 'kin at nilagpasan ang pinsan ko.

Mabilis namang tumaas ang kilay ni Kuya Angelo sa kanya. Pero agad din naman siyang bumalik sa ginagawang paglilinis.

**"Do you feel better now?"** tanong niya sa 'kin.

**"Medyo."** Mabilis akong napatakip ng bibig ng maalala kong may masidhing amoy nga pala ang hininga ko.

Bahagyang tumawa si Keifer bago maupo sa tabi ko paharap sa 'kin. **"I smelled it already. Nothing to be a shame about it."**

Nakakahiya pa rin. Buti sana kung simpleng morning breath lang kaso nakakasulasok at nakakatuyo ng baga ang amoy. Kaunting araw pa magka-level ang baho ng imbornal at hininga ko. Dapat yata magsipilyo na ko.

Bahagya kong nilayo ang kamay ko sa bibig pero nakaharang pa rin para hindi maamoy ng kaharap ko.

**"K-Kuya... May toothbrush ba dyan?"** halos pabulong kong tanong.

Sandaling tumitig sa 'kin ang pinsan kong parang nainis pang tinawag ko siya. Tumalikod siya at naghalungkat sa paperbag na katabi ng gamit niya. Tsaka niya nilabas ang bagong toothbrush at tooshpaste bago pabatong binigay sa 'kin.

Bago ko pa masalo naunahan na ko ng Hari. Siya na rin ang nagbukas para sa 'kin.

**"Let me help you,"** sabi niya bago tumayo.

Mukang naintindihan niya ang balak ko. O sadyang gusto na rin niyang magsipilyo ako dahil sa amoy.

*Hindi ko siya masisisi.*

Kumuha siya ng dalawang baso yung isa nilagyan niya ng tubig. Lumapit siya sa 'kin at mabilis naman akong bumangon. Siya na rin nagbukas ng toothbrush mula sa packaging at nagsalin ng toothpaste. Balak pa sana niya kong sipilyuhan pero inagaw ko sa kanya ang hawak.

Nang malasahan ko ang toothpaste parang gusto ko na lang lunukin lahat. Gutom na gutom na ko handa ko ng kainin lahat ng pwedeng kainin. Hindi na kakayanin ng tyan ko ang ganitong pagtitiis.

Matapos magtoothbrush inabot niya sa 'kin ang dalawang baso. Nagmumog ako gamit ang tubig at niluwa ko naman sa kabilang basong walang laman. Pagkatapos ko, kinuha ni Keifer lahat maliban sa basong may tubig.

Malapad akong napangiti.

*Tubig. Pagkakataon ko na.*

Iinumin ko na sana ang hawak ko ng bigla na lang agawin sa 'kin ni Kuya 'yon. Sinubukan pang habulin ng nguso ko ang baso pero tuluyan ng nailayo sa 'kin. Parang gusto kong maiyak.

**"Nope. You're not allowed to have this,"** sabi pa niya habang lumalakad dala ang tubig.

Taka namang napatingin samin ang Hari. **"What's wrong?"**

**"She's not allowed to consume too much water. Doctor's order,"** paliwag naman ni Kuya.

Lumapit sa 'kin si Keifer at naupo ulit sa tabi ko. **"Don't worry. Baka mamaya lang pwede ka na uminom ng tubig."**

**"Bakit hindi pa ngayon?"** tanong ko na para bang masamang masama ang loob ko.

*Masama naman talaga loob ko.*

**"Calm down, we'll go out on a date and eat to anywhere you want once you get out here."**

Parang gumaan ang damdamin ko sa sinabi niya. Pwede naman siguro sa eat-all-you-can buffet. Mabawi-bawi ko ang mga pagkain hindi ko nakain dahil andito ako sa ospital.

**"Wow, your mood really light up after hearing the word '*eat*',"** sabi ni Kuya Angelo.

Napanguso ako. Sino bang hindi sasaya sa pagkain? Lalo na at matagal na panahong hindi kumain.

Hindi ko napansin ang pagkataon at pagpasok ni Sir Alvin dahil sa mga pagkaing iniisip.

**"Hey, can I talk to you?"** tanong niya habang nakatingin kay Kuya Angelo.

Mukang seryoso ang pag-uusapan nila dahil iba ang awra ni Sir at idagdag pang nag-iba ang mood ni Kuya. Dahan-dahang tumayo ang Hari at akmang susunod sa pinsan ko pero pinigilan siya.

**"Stay here,"** sabi niya habang nakaturo ang daliri sa 'min.

Huminto si Keifer at pinanood lang silang umalis.

**"Bakit?"** tanong ko habang may halong pag-aalala sa tono ko.

Agad na humarap sa 'kin ang Hari ng mga Ulupong at ngumiti. **"Nothing."**

*Bakit parang may tinatago?*

Gusto kong malaman kung tungkol saan 'yon o kung meron bang nangyaring masama pero alam ko namang hindi nila sasabihin sa 'kin. Hinayaan ko na lang at pinili na lang magtanong ng ibang bagay.

**"Kumusta si Keiren?"**

**"He's feeling better. Natutulog siya ng iwanan ko siya."**

Tumango ako bilang pagtanggap sa sagot niya. **"S-Si Keigan, kumusta?"**

Naging malungkot siya ng banggitin ko ang pangalan ng kapatid pero agad niyang binawi 'yon sa pagpilit ng ngiti.

**"He lock himself in his room when we got home."**

Bigla kong naisip na nasa iisang bahay na naman ang dalawang kapatid niya. Hindi yata magandang magkasama na naman sila. Alam kong medyo okay na si Keigan pero hindi pa rin dapat magpakampante sa kalagayan niya.

Hindi naman sa pinag-iisipan ko siya ng masama, pero kasi di ba pinainom lang naman niya kami ng glue.

**"T-Tingin mo, ayos lang na iwan si Keigan sa bahay kasama si Keiren? Hindi naman sa masama ang tingin ko sa kapatid mo pero kasi..."** Nahihirapan akong sabihin sa kanya ang nasa isip ko.

Ayokong masamain niya at baka masaktan ko siya. Kapatid niya 'tong pinag-iisipan ko at pinag-aalala na rin. Nakakatakot magbitaw basta ng salita.

**"I know what you mean. Andon si Honey para bantayan sila,"** sagot niya at napangiwi ako.

Bumalik na naman sa 'kin ang nakita kong ginagawa nilang milagro ni Kuya. Marahas kong hinimas ang magkabilang braso ko dahil sa kilabot.

*Anak ng shutanginames naman kasi.*

Kampante naman ako sa sinabi ni Keifer na hindi nagse-seryoso si Kuya ng relasyon dahil meron siyang ibang mahal. Pero paano nga kaya kung maging seryoso sila ni Honey? Tapos ipapakilala siya sa bahay, tapos hanggang sa magkaayaan na ng kasal, tapos magkaka-anak sila, tapos titira sila malapit sa 'min o kaya sa bahay nila Tita Gema, tapos magkikita kami palagi kapag reunion or kaya may handaan, tapos makikita ko silang maglalampungan, tapos habang kumakain pa ko, tapos hindi ko masisikmura, tapos masusuka ako. Sayang ang pagkain.

*Kainin na lang sana ako ng lupa.*

**"What's wrong?"**

**"Paghiwalayin mo nga si Kuya at Honey,"** utos ko na parang nag-utos lang na kumuha ng isang bagay.

Natawa siya dahil sa sinabi ko. **"Are you serious?"**

*Hulaan mo.*

**"Baka lang kasi...alam mo na. Maging seryoso sila."**

Tumawa siya ng malakas. Napahiga pa siya sa kama habang hawak ang tyan. Hinayaan ko naman siya dahil parang tuwang-tuwa siya sa sinabi ko.

Napangiti ako dahil sa itsura niya. Mas gusto kong makitang nakatawa siya. Kahit hindi no'n masasagot lahat ng problema niya atleast kahit kaunti gumaan pakiramdam niya.

**"Anong problema kung magseryoso sila?"**

Nairita ako. **"Hoy."**

Umayos siya ng upo habang natatawa pa rin. Mukang nakaisip naman siya ng ipang-aasar sa 'kin dahil sa pagngiti nya ng nakakaloko.

**"Imagine you'll have an older female cousin that you will call. . . Ate Honey."**

Napangiwi ako sa dahil sa salitang 'Ate'. Alam kong matanda sa 'kin si Honey pero hindi ko siya tatawaging Ate dahil mas isip bata pa siya sa 'kin.

*Minsan nga hindi pa nagana isip niya eh.*

**"Ayaw,"** sagot ko habang umiiling.

Tumawa na naman siya. **"Mag-practice ka na."**

Agad ko siyang hinampas at mas naging malakas ang pagtawa niya. Tuwang-tuwa na naman siyang asarin ako. Feeling ko tuloy muka akong clown pero ayos lang basta masaya siya.

*Kingina nga lang.*

Kanina ko pa talaga gusto magmura dahil sa mga naiisip ko at sinasabi niya pero mas mabuting wag. Ganitong dalawa lang kami baka magkaroon ng sakuna.

**"Feeling ko lalo akong magtatagal sa ospital dahil dyan sa sinasabi mo."**

Inayos ko ang nagulong higaan ko. Tumulong naman siya pero may mga pahabol pa rin siyang pagtawa na kinakainis ko.

**"Cute mo dyan. Kurutin ko gilagid mo,"** sabi ko at malapad siyang ngumiti.

**"Do it. Use your teeth,"** sagot niya at nilapit sa 'kin ang bibig habang pilit nilalabas ang gilagid.

Tinulak ko siya. **"Umayos ka."**

**"What? Come on. Hanggat walang kontrabida,"** nilapit ulit niya ang bibig sa 'kin.

*Sinong kontrabida? Si Kuya?*

**"Isa . . . Tigil-tigilan mo ko."** Pinandidilatan ko siya ng mga mata.

Pero nangungulit pa rin siya tapos tatawa ng malakas. Hindi ko alam kung bakit pero natawa na rin ako.

Hindi ba pwedeng ganito na lang kami? patawa-tawa na lang? Walang problemang iniisip. Walang nag-aabang na papatay. Walang mananakit or masasaktan. Ganitong magaan lang ang lahat. Tatawa hanggang sa ang isa sa 'min mautot, pero syempre dapat hindi ako 'yon.

Nakakasawa magtanong na bakit samin nangyayari 'to. Wala naman akong nakukuhang sagot. Wala kaming choice kundi harapin lahat dahil kung hindi, hindi matatapos ang problema. Nakakapagod. Ang sarap tumigil.

*Pero hindi dapat titigil.*

Sa dami ng nangyari sa 'kin ngayon pa ba? Ngayon pa na nakaligtas na ko sa glue. Baka sa susunod hindi na ko tablan nyan kapag nakalunok na naman ako. Pero wala akong balak lumunok ulit ng glue. Kung sakali lang. Baka lang may ibang trip na naman si Keigan.

Gusto ko sapakin ang sarili ko sa iniisip ko. Alam ko namang matalino ako mag-isip pero minsan namamangha pa rin ako.

*Amazing.*

Pero hindi talaga ako titigil. Sabi nila bawat problema may reward, sana yung sa 'kin sa eat-all-you-can buffet tapos lahat ng pagkain sa buong mundo available. May ganon naman siguro. Sa dami ng kainan sa Pinas na nagkakapareho na, syempre kailangan nilang galingan sa paghatak ng customer.

O kaya hingin ko reward, sana matahimik ako kahit isang daang taon lang na wala si Kuya. Hindi ko hinihiling na ma-dedz siya pero gusto ko lang lumabayan niya ko at ng mga sermon niya. Kung hindi naman pwede, bigyan na sana siya ng maayos na love life. Dapat hindi si Honey ang babae. Dapat yung talagang aagaw ng atensyon at oras ni Kuya at tipong mawawala na kami sa isip niya.

*Babaeng magbibigay sa kanya ng amnesia. Charot.*

**"A penny for your thoughts,"** agaw ni Keifer sa atensyon ko.

Nginitian niya ko at akmang ilalapit sa 'kin ang nguso niya pero pinisil ko 'yon gamit ang dalawang daliri ko.

**"Sige, akala ko mauutakan mo ko? May iniisip lang ako tapos gaganyan ka na,"** sabi ko habang pinandidilatan siya at dinidiin ang pisil sa nguso niya.

Nagmuka tuloy siyang bibe na may mahabang tuka. *Ulupong na bibe pa. Wow, crossbreed.*

Binitiwan ko din naman agad siya dahil sa pamumutla ng labi niya. Mukang nawalan ng dugo dahil sa higpit ng pisil ko.

**"That hurts."**

Nakonsensya naman ako, lalo na ng hawakan niya ang nguso at parang naging seryoso. Mukang nasaktan talaga siya sa ginawa ko.

**"Patingin,"** sabi ko at akmang hahawakan ang labi niya pero nilayo niya agad.

**"Don't bother yourself."**

*Hala siya, nagtampo yata.*

**"Patingin nga sabi,"** pagpipilit ko pero nilayo na naman ang muka niya. **"Patingin. Patingin ako para mahalikan ko."**

Daig pa si *Flash* sa bilis niyang humarap siya sa 'kin at nilapit ang muka. Agad ko siyang binatukan.

**"Ako pa niloko mo. Hindi ka ganyan magtampo,"** sabi ko at natatawa naman siyang humarap sa 'kin habang hawak ang batok.

*Uutakan pa ko ng hinayupak na 'to.*

**"Seriously, that's my only chance."**

Balak ko sanang magalit sa kanya pero hindi ko mapigilang matawa.

**"Can I at least have one kiss?"** tanong niya at napatitig ako sa kanya.

Nag-iba kasi yung accent niya. Katunog niya 'yung nasa Harry Potter.

**"Gago, ang gwapo ng pagkakasalita."**

Bigla na lang siyang ngumiti ng malapad. Huli ko na napansin na nasabi ko pala ang malakas ang dapat na sa isip ko lang sasabihin.

Lumapit siya sa 'kin at bumulong. **"Profanity."**

**"Hoy, teka -!"**

Sa kagustuhan kong umiwas sa kanya napahiga ako sa hospital bed. Akala ko titigil na siya pero umibabaw lang siya sa 'kin.

Ngumiti siya. **"Finally."**

Pero wala sa kanya ang atensyon ko. Napatitig ako sa lalaking pumasok at ngayon ay galit na palapit sa 'min. Mukang sa morge na ang sunod na paghihigaan ko.

**"Si Kuya! Si Kuya!"** sigaw ko kay Keifer habang tinutulak siya pero hindi niya ko pinansin.

Akala yata niya niloloko ko siya dahil sa nakakaasar niyang pagngiti.

Hanggang sa pumalupot na ang braso ni Kuya Angelo sa leeg niya bago pa dumikit sa 'kin ang labi niya. Binatak siya paatras hanggang sa makalayo sa hinihigaan ko. Agad akong bumangon.

*Katapusan na namin.*

**"Fck!"** sigaw ni Keifer habang pilit nagpupumiglas.

**"Sinasabi ko na. Sandali lang ako nawala may milagro ka ng ginagawa!"** galit na sabi ni Kuya at mas hinigpitan ang braso sa leeg ng Hari.

**"Kuya! Sandali lang!"** awat ko habang pilit tinatanggal ang braso niya.

Dinig ko ang pagdaing ni Keifer at kita ko rin ang pamumutla ng muka niya. Hindi na rin siya makapagsalita at hanggang paggalaw na lang ng mata ang nagawa niya.

Dahil sa pagiging abala ko sa pag-awat hindi ko namalayan ang pagpasok ni Sir Alvin. Agad din siyang lumapit sa 'min at nakiawat.

**"Angelo! Let him go! Baka mapatay mo si Keifer!"** sigaw ni Sir at pilit tinatanggal ang braso niya.

**"Yun nga ang balak ko!"**

**"Kuya!"** sigaw ko sa kanya at tinignan niya ko ng masama.

**"Isa ka pa! Ikaw isusunod ko rito!"**

Napatigil ako sa pag-awat. Napaatras ako dahil sa takot sa banta niya. Ito na talaga, katapusan ko na sa mga kamay niya.

*Parang gusto ko na lang ulit magkasakit.*

**"Jay, pigilan mo ang pinsan mo!"** utos sa 'kin ni Sir.

Napilitan akong umawat ulit lalo ng makita kong tumitirik na ang mga mata ni Keifer at parang nawalan na ng dugo ang muka. Pagtapik na lang ang nagawa niya sa kamay ni Kuya dahil nawalan na siya ng lakas.

Hindi pa man din kami natatapos sa pag-awat kay Kuya, panibagong gulo na naman ang nangyari. Naghahabulang pumasok si Ci-N at Percy.

Galit na galit ang step-brother ko at parang batang nakikipaghabulan ng taya sa batang kumag.

Lumusot pa sila sa ilalim ng kama hanggang sa maisipan ni Ci na magtago sa likod ng pinsan ko. Nagpatentero sila sa harap namin at dahil sa paghatak ni Ci sa damit ni Kuya pati siya natatangay na rin. Dahil hawak naman ni Kuya si Keifer pati siya sumusunod at ganon din kami ni Sir Alvin.

**"Humanda ka sa 'king bansot ka!"** banta ni Percy.

**"Ano ba? Tumigil kayo!"**

**"Percy supot! Percy supot!"** pang-iinis naman ng batang kumag.

Pumasok na rin ang mga Ulupong para awatin ang dalawang isip bata. Agad na bumungad sa kanila ang kalagayan ni Keifer at nagkagulo na. Meron lumapit para palayuin si Ci sa 'min meron namang si Percy ang sinubukang ilayo.

**"Section E, tulungan niyo si Keifer!"** utos ni Sir.

Kahit halatang takot yung iba kay Kuya sumunod pa rin sila. Si Felix at David na pinaka-matangkad sa 'min ang unang humawak kay Kuya. Nang walang nangyari agad na sumunod ang ibang Ulupong para makiawat.

**"Let me go!"** sigaw ni Kuya sa kanila.

Kita ko ang takot nung iba pero naging matigas sila. Pito na ang umawat sa kanya para lang bumitaw. Pati sa leeg at binti niya merong humawak para lang pakawalan ang Hari ng mga Ulupong.

Nang bumitaw ang pinsan ko agad kong tinulungan si Keifer na hirap na hirap pa ring makabawi ng hangin. Muntik pa siyang bumagsak pero agad ko siyang nasalo. Ako nga lang ang nahirapan dahil sa bigat niya.

**"Kumalma ka nga!"** sigaw ni Sir kay Kuya ng ilang beses siyang nagpumiglas.

**Kumalma ka! Hindi ikaw to!"** sigaw ni Percy at yumakap sabay subsob sa dibdib ni Kuya Angelo na para bang girlfriend na umaawat sa boyfriend niya.

*Anong kaartihan yan?*

Hinarap ako ng Hari ng mga Ulupong habang malalim pa rin ang paghinga.

**"I'm dying,"** sabi niya.

**"Ano?"**

**"I'm dying, but at least let me kiss you for the last time,"** sabi niya at hawak na ng magkabilang kamay niya ang mga pisngi ko.

Hindi ko alam kung bakit pero kusa naman akong ngumuso para salubungin ang halik niya. Teka - *bakit naman ako ngumuso? Sabik lang?* Alam ko namang hindi totoo ang sinasabi niyang '*I'm dying*' na yan. O.A lang din siya parang si Kuya.

Ganon din naman, malilintikan din ako kay Kuya, sulitin na ang magiging parusa ko. Papatayin din naman niya kami mamaya. *Ganyan ang katwiran.*

Nangyari naman ang pagtatagpo ng mga nguso - labi pala namin. Lalong nagwala si Kuya at muntik pang matanggay lahat ng may hawak sa kanya.

**"Tama na! Tignan mo ko! Hindi ka ganito!"** sigaw ni Percy na siyang unang nakaladkad sa paggalaw ni Kuya. **"Tumigil ka na! For the sake of your hard chest!"** sabay pisil sa dibdib ng pinsan ko.

Sa kabila ng matamis na halik na yon, hindi ko naiwasang makita ang mga mata ni Yuri. Pagkadismaya, sakit at pilit na ngiti ang naging reaksyon niya. Pero alam kong meron ding galit.

Humiwalay sa 'kin si Keifer at kusa siyang napaupo sa sahig. **"I told you I'm dying."**

Wala namang masamang nangyari sa kanya. Nagpapahinga lang siya at mukang hirap pa ring magbawi ng hangin sa baga. Namumutla pa rin ang labi pero nakangiti naman sa 'kin. Mukang balak talaga siyang tuluyan ng pinsan kong nagpapanggap na anghel.

Nilapitan ko kagad siya para masiguro na okay siya. Mamaya ko na lang din kakausapin si Yuri. Hindi ko alam pero pakiramdam ko obligado akong magpaliwanag sa kanya.

Narinig ko ang pagbukas ng pinto pero hindi ko pinansin 'yon dahil nangingibabaw pa rin ang boses ni Kuya na sunod-sunod ang pagmumura.

**"Angelo. . ."**

Natigilan ako at si Kuya dahil sa nagsalita. Boses 'yon ni Tita Gema. Lumingon ako at ganon na lang ang bilis at lakas ng tibok ng puso ko ng makita kong kasunod niya si Mama at Aries.

Mas natakot pa ko ngayon kaysa kaninang sakal-sakal ni Kuya si Keifer.

*OceanofPDF.com*

# Chapter 367

**A/N:** Naglagay lang ako hint sa isa sa characters sa kwento ni Angelo. Then hanggang dito muna, para meron ako entry sa pasko.

**Family talks**

***Jay-Jay's POV***

Napaaray ako matapos isaksak ulit ang swero sa kamay ko. Dahil sa kaguluhan kanina hindi ko namalayan na nahugot na naman pala. Mas masakit nga lang dahil hindi siya tuluyang natanggal, kung kalahati ng karayom nasa ugat ko pa rin.

**"Kapag natanggal pa ulit 'to, sa kabilang kamay na natin ilalagay,"** sabi ng nurse habang dinidikitan ng surgical tape ang karayom para hindi magalaw.

Dinagdagan na rin niya para hindi madaling matanggal. Mukang nainis na rin siya dahil pangalawang beses ng natanggal ang swere ko.

**"Sa leeg niyo na lang ilagay ang swero niya para magtino,"** inis na sabi ni Kuya Angelo.

*Meron bang swero sa leeg?*

Ako tuloy ang nahiya dahil sa sinabi niya. Mukang natakot naman ang nurse sa kanya dahil binilisan niya ang paglilinis ng mga ginamit niya at naglakad paalis ng hindi kami nililingon.

Katabi ko si Keifer na nakatayo lang at nakatinign sa 'kin. Umalis muna sila Sir Alvin at mga kaklase namin. Kasama din nila si Percy pero sabi niya babalik din siya agad.

**"Tumigil ka nga Angelo,"** sita sa kanya ni Tita Gema bago lumapit sa 'kin.

Nakangiti siya sa 'kin no'ng una pero naglaho 'yon ng mapansin ang leeg ko. Agad akong yumuko. Naging kampante ako kanina, akala ko nawala ang marka sa leeg ko dahil wala namang sinasabi ang mga Ulupong.

**"Anong nangyari dyan?"** tanong niya at hinawakan ako sa baba para sana tignan mabuti pero umiwas ako.

Agad niyang hinarap si Kuya. **"Angelo?"**

**"What?"** sagot naman ni Kuya.

**"Bakit ganito ang leeg ni Jay-Jay?"** May halong pagbabanta sa boses ni Tita.

Nagtaas ng kamay si Keifer para agawin ang atensyon niya. **"It was done by my... f-father."**

Parang ang tabang ng pagkakasabi niya ng father. Agad na nag-iba ang itsura ni Tita Gema at ganon si Mama na abala sa paglilinis ng mga kalat sa lamesa. Pati si Aries parang naalarma din.

Hindi ko nga pala sinabi ang totoo na si Keigan ang may gawa nito. Ayoko na ring sabihin dahil baka iba ang isipin nila sa kapatid ni Keifer. Eh meron nga siyang pinagdadaanan.

**"Paano nangyari 'yon?"** tanong ni Mama at padabog pang binato ang hawak na plastic sa lamesa bago lumapit sa tabi ni Tita.

**"Long story short, sinubukan niyang kuhanin ang bunsong kapatid ko but I think Jay-Jay tried to stop him and he hurt her,"** paliwanag ng Hari ng mga Ulupong.

Napangiwi ako. Hindi naman kasi ganon ang nangyari pero hindi ko naman pwedeng kontrahin dahil baka masabihan din siyang sinungaling.

Kita ko ang pag-aalala ni Mama at Tita Gema. Tinignan nila si Kuya na para bang hinihintay nilang magbigay siya ng paliwanag pero nagkibit balikat lang sila.

**"Bakit magkasama ang kapatid mo at si Jay-Jay?"** tanong ni Aries kay Keifer.

**"He was also hospitalized and stayed here with Jay because of - "**

**"Food poisoning. Pareho sila ni Jay-Jay,"** putol ni Kuya sa sagot niya.

Nagpalitan pa sila ng tingin bago tumango ang Hari at tanggapin ang sinabi ng pinsan ko. Naiintindihan ko naman na hindi pwede sabihin ang totoong dahilan kung bakit kami na-ospital. Kaso ang hirap magsinungaling kung iba-iba kami ng kwento.

**"Hindi mo ba naisip na pinapahamak mo ang anak ko,"** biglang sabi ni Mama na talagang kinabigla naming lahat.

**"Jeana,"** pigil sa kanya ni Tita Gema pero tinabig lang niya siya.

**"Ma,"** sita ko sa kanya pero hindi niya ko pinansin.

Tinangka pa niyang lumapit kay Keifer pero humarang na si Kuya Angelo.

**"Malinaw na problemang pampamilya niyo lang 'to kaya dapat labas ang anak ko sa gulo niyo!"** galit ang tono niya na para bang si Keifer ang dahilan ng lahat ng problema namin sa buhay.

Hinawakan ko ang kamay ng Hari at sandali siyang tumingin sa 'kin.

**"This won't happen again. Nasalisihan lang talaga ako."**

**"Hindi na talaga. Dahil mas maganda kung maglayo na lang kayo. Iwasan mo na lang ang anak ko para hindi siya madamay sa problema mo sa Tatay mo,"** tuloy-tuloy na sabi niya.

Hindi ko maiwasang mainis sa mga sinasabi niya. Kailan pa siya naging huwarang Ina? Malinaw naman sa 'kin na mapapahamak talaga ako pero hindi naman ginusto ni Keifer 'yon. Kahit si Kuya alam 'yon pero hindi siya nagsasalita ng ganyan sa 'kin.

**"Iuuwi ko na lang si Jay-Jay sa Lola niya."**

**"That's not a good idea, mas safe siya kung nasa tabi ko siya,"** sagot ng katabi ko at parang lalong nagalit si Mama sa kanya.

**"Safe? Eh ikaw nga nagdadala sa kanya sa kapahamakan!"**

**"Parang hindi mo ko pinahamak ah,"** inis na sabat ko sa kanya. **"Hindi ba ikaw 'tong nag-asawa ng mga lalaking nanakit sa 'kin?"**

Natahimik sila. Humigpit ang hawak ni Keifer sa kamay ko na para bang pinipigilan niya kong magsalita pa. Hindi ko lang talaga napigilan ang sarili ko. Sobrang nakakasama lang ng loob ang mga sinasabi niya. Nahihirapan na nga ang tao sa mga problema niya tapos dadagdag pa masasakit na salita niya.

**"Tsaka wag mo gawin 'yan, wag ka magsalita na parang ang huwaran mong Ina,"** dagdag ko pa.

**"Jay,"** sita sa 'kin ni Kuya Angelo.

Bahagyang lumayo si Mama para tumalikod at hilamusan ang muka gamit dalawang kamay. Nagsisimula na namang lumabas lahat ng sama ng loob ko sa kanya. Hindi ko alam kung bakit pero tuwing meron siyang gagawin na ikakagalit ko, parang lahat ng ginawa niyang masama bumabalik sa 'kin. Parang listahan na kapag merong nadagdag kusang binabalikan lahat ng mga naunang lista.

**"Jay . . ."** tawag sa 'kin ni Tita na para bang awang-awa siya sa sa 'min.

**"Keifer, lumabas ka muna,"** utos ni Kuya.

Ayoko siyang paalisin. Alam kong pagtutulungan lang nila ko dito. Hinawakan ko ng mahigpit ang kamay niya. Nakaharap ako sa kanya habang paulit-ulit na umiiling.

**"Let him go, Jay,"** utos ni Kuya sa 'kin.

Napilitan akong bitawan siya. Ngumiti naman para sabihin, ayos lang ang lahat. Pero hindi ko kayang tanggapin 'yon.

Lumabas si Keifer ng kwarto kagaya ng gusto nila. At tama nga ako dahil mukang balak nga nila akong pagtulungan. Agad na lumapit sa 'kin si Tita para sana tabihan ako pero nahiga ako agad at tinakpan ng unan ang ulo ko.

Sunod-sunod ang sermon ni Mama, paulit-ulit na sinasabi na matigas ang ulo ko, na para akong uhaw sa lalaki at hindi makahiwalay kay Keifer, na ako talaga ang gustong mapahamak, kung pangarap ko bang makipaghabulan kay kamatayan na muntik ko nang sagutin ng *medyo*. Hindi ko alam kung bakit ganito ang mga salita niya eh okay naman siya kay Keifer dati.

Sa dami ng sinabi niya hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako.

*Kailan pa naging lullaby ang sermon ng Nanay ko?*

Nagising ako ng maramdaman kong merong nag-aayos ng kumot ko. Nang idilat ko mga mata ko si Aries ang bumungad sa 'kin. Nagkasalubong pa kami ng tingin kaya agad kong hinatak ang kumot hanggang leeg ko tumagilid ng higa para maiwasan siya.

Narinig ko ang pag-flush ng inidoro kasunod ng pagbukas at sara ng pinto. Kung sino man ang galing sa C.R mukang naglabas siya ng sama ng loob dahil sa mabahong amoy na umalingasaw.

**"Wala munang papasok sa loob. Nakakamatay,"** boses ni Percy na parang masaya pa siya sa pinakawalan niyang amoy.

**"Fck. That smells like a rotten corpse,"** reklamo ni Keifer.

**"Nakakasakit ng ulo ang amoy,"** boses ni Yuri.

**"Open the door and get that smell out of here,"** utos ng kapatid ko.

Meron nagbukas ng pinto pero hindi rin nagtagal 'yon dahil may mga tao sa labas na nagrereklamo sa amoy mula sa banyo dito. Pasimple kong tinakpan ang ilong ko. Sobrang baho ng amoy.

Alam kong mabaho ang hininga ko pero hindi naman ganito na parang kasuklam-suklam ang mga pangyayari sa loob ng katawang lupa niya at ngayon lang naisipang lumabas dahil sa tamang panahong hinihintay.

Meron nagbukas ng bintana at don nila pilit pinaypay ang amoy palabas. Pakiramdam ko sumakit din ang tyan at katawan ko dahil sa amoy. Agad akong bumangon at pinaypayan ang sarili para matanggal ang amoy sa paligid ko.

*Bakit parang kumakapit ang amoy?*

**"Ayos ka lang?"** tanong sa 'kin ni Yuri habang palapit at ipit-ipit ang ilong niya.

Umiling ako. **"Ang sakit sa ilong at ulo ng amoy."**

Kinuha niya ang unan mula sa likod ko at ginamit 'yon pang-paypay para mabilis mawala ang amoy. Pati kumot ko ginamit ko na rin.

**"Maybe we should buy air freshener,"** suhestyon ni Keifer.

**"Sige, bili ka,"** sabi ni Percy pero agad siyang tinulak ni Aries.

**"Ikaw ang bumili. This is your fault, so should be the one resolving this."**

Nakasibangot namang naglakad palabas si Percy. Ngumuso pa siya pero huminto bago pa mabuksan ang pinto.

**"Hindi niyo ko sasamahan?"** nagtatampong tanong niya.

**"HINDI!"**

**"NO!"**

**"NOPE!"**

Sabay-sabay na sagot ng tatlong sa kanya. Hinawakan niya ang dibdib na parang nasaktan. Ako naman ang binalingan niya.

**"Ikaw na lang sumama sa 'kin Jay,"** aya niya pero hinarangan agad siya ni Keifer.

**"Kaya mo na yan. You're a grown up man."**

**"Grown up? Bata pa ko. 2 years old nga lang ako eh,"** pagtanggi niya at napaisip naman ako.

*Anong 2 years old? Kupal!*

**"Yeah, 2 x 10,"** sagot naman ni Aries sa kanya.

**"Baby pa ko. Di ba baby mo ko?"** Bigla siyang ngumuso at nagpapadyak na parang bata.

Gusto ko siyang hambalusin dahil sa inaasta niya. Muka siyang baby damulag. Nagtinginan lang kami ni Yuri na parang naasiwa din sa ginagawa ni Percy.

Tumigil ang step-brother ko sa ginagawa niya ng may kumatok at bumukas ang pinto. Pumasok ang isang lalaking doctor at dalawang nurse. Gusto kong mahiya sa kanila dahil sa pagtakip nila ng mga ilong nila. Hindi pa rin kasi nawawala ang amoy na pinakawalan ni Percy.

Umalis sa tabi ko si Yuri matapos ibalik ang unan sa likod ko.

Hindi siya ang Doctor na tumitingin sa 'kin simula ng dumating ako.

**"Kumusta Miss Mariano?"** tanong niya sa 'kin bago ako lapitan at dahan-dahang hawakan ang panga ko para makatingala ako.

Yung isang nurse naman, tinignang ang dextrose ko.

**"Hahawakan ko ang leeg mo,"** pagpapaalam ng doctor pero napatingin ako kina Aries at Keifer na bigla na lang lumapit sa 'min.

Tumingin sila sa 'kin bago tignan ng masama ang doctor. Bahagya kong nilipat ang mata ko sa gawi ni Yuri pero pati siya parang nakahanda ng sakmalin ang tumitingin sa 'kin.

*Anong meron?*

Bigla na lang akong napa-aray ng may dumiin sa leeg ko. Nararamdaman ko naman ang kamay niya pero hindi ganon kasakit kagaya ng huli kong naramdaman.

**"Kung i-r-rate mo ang sakit from 1-10, gaano kasakit 'yon?"** tanong niya.

**"6 o 7 po,"** sagot ko.

**"How about now?"**

Nagtaka ako kasi parang nakahawak lang siya sa leeg ko pero wala naman akong nararamdamang ginagawa niya. May kaunting kirot pero hindi naman kainda-inda.

**"1 or 2 po,"**

Binitiwan niya ko at kinuha ang chart sa katabi niyang nurse.

**"Kakaiba ang pain tolerance mo, ang bata mo pa para maka-experience ng ganyan,"** sabi niya na pinagtaka ko.

**"Po?"**

**"Yung pakiramdam mo sa physical pain either delay or you have a high tolerance."**

Tumango ako na parang naiintindihan ang sinasabi niya, kahit hindi naman talaga. Kuwari na lang para hindi mapahiya si Doc, nakaka-awa kung siya lang nakakaintindi ng sinasabi niya.

*Oo, kawawa talaga.*

**"Sa dalas ko po sigurong makipag-away,"** pabirong sabi ko pero umiling siya.

**"I doubt na dahil yon sa pakikipag-away lang,"** nakatingin siya sa hawak na chart. **"Could be because of a trauma. May mga cases ng trauma na binabago ang pain perception ng isang tao. Although there's no proper study and it's nothing but a theory, hindi pa rin natin masasabi."**

Sa lahat ng sinabi niya, isa lang ang nagmarka sa 'kin.

**"Sinasabi niyo po ba na meron akong trauma para magkaroon ng pain *eme* na yan?"**

Sinara niya ang chart at hinarap ako. **"No. That's not what I'm saying."** Tinuro niya ang dextrose ko. **"Last na yan after that pwede na**

**tanggalin ang IV."** Hinarap ulit niya ko. **"Kailan ka huling uminom ng tubig?"**

Umiling ako. **"Hindi pa, sabi sa 'kin hindi pa daw pwede."**

**"Sabi sa chart mo kanina ka pa binigyan ng go signal para uminom at kumain,"** sabay turo sa hawak.

Napanga-nga ako. Kanina pa pala ako pinayagan tapos kung pigilan ako ni Kuya parang pinagbabawal na gamot ang hinihingi ko. Tubig lang.

**"S-Sabi ng pinsan ko . . ."**

**"Ni Angelo? Don't listen to him, he's not a doctor. Hindi ko nga alam kung paano naging CEO yon, eh ang bobo no'n,"** walang prenong sabi niya.

*Si Kuya? Bobo?*

**"That's really coming from you, Lucius,"** komento ni Keifer sa kanya.

Tumawa lang ang Doctor na tinawag niyang Lucius. Pabalik-balik ang tingin ko sa kanila. Tinignan ko din si Yuri at Percy na nakatingin din sa kanila. Halatang magkakakilala sila. Muka ngang close din siya kay Kuya Angelo dahil ang lakas ng loob niyang sabihan ng ganon ang pinsan ko.

Si Tiger at Sir Alvin nga hindi siya masabihan ng ganon.

Tumawa ang Lucius. **"What do you expect? I'm a Peralta after all."** Inabot niya ang chart sa katabing nurse. **"Pasabi na lang kay Angelo puntahan ako sa office meron kaming pag-uusapan."**

Tumingin siya sa 'kin at ngumiti. **"Pwede ka ng umuwi bukas."**

Tumalikod na siya at lumakad paalis. May mga binilin ang isang nurse kay Aries bago tuluyang lumabas kasunod ni Doc. Pagsara ng pinto agad ko silang tinadtad ng tanong.

**"Sino 'yon? Bakit kilala niya si Kuya? Bakit sinabihan niyang bobo si Kuya? Kamag-anak ba ni Ci-N 'yon? Bakit siya ang tumingin sa 'kin ngayon? Bakit hindi yung Doctor kahapon?"** sunod-sunod na tanong ko pero wala namang sumasagot sa kanila.

Binalik ni Aries ang ginagawang pagpay-pay sa hangin palabas ng bintana. Si Yuri naman inayos ang higaan ko. Lalakad na sana paalis si Keifer pero hinablot ko siya.

**"Sagutin niyo nga muna ako!"** inis na utos ko.

**"That was Angelo's batchmate. Nakaalitan din niya, I just don't remember kung tungkol saan ang pinag-awayan nila. I think malayong kamag-anak ni Ci. Hindi ko alam kung bakit siya ang tumingin sa 'yo**

**pero malamang wala ang Doctor na nag-asikaso sa 'yo kahapon,"** sagot naman niya at napabuntong hininga na parang napagod sa ginawa.

*Kakahingal ba?*

**"Nakaaway ni Kuya, kaya pala ang lakas ng loob magsalita ng ganon."**

Buong akala ko close friends sila. Mas higit pa sa frienship niya kay Sir Alvin, yung pala nakaalitan.

**"Ibibili kita ng pagkain, anything you want?"** tanong niya.

Ituturo ko sana ang mga pagkain sa lamesa na dala kanina ni Percy pero binawi ko din agad ang daliri ko ng makitang wala ng natira kundi mga basura at pinagkainan.

*Wow, ang bilis naubos.*

**"Beef pepper stake,"** sabi ko at ngumiti.

Ngumiti din siya sa 'kin. Lumapit siya at akmang hahalikan ako sa noo pero may unan na tumama sa muka niya.

**"Ang alikabok naman ng kwartong 'to,"** dinig kong sabi ni Yuri sa likod ko at pinagpagan ang higaan ko.

Parang ang bigat ng pagpag niya dahil yumayanig ang kama sa bawat pagtama ng palad niya sa kutson. Ang tindi naman ng galit niya sa alikabok.

Tinignan siya ng masama ng Hari. Akala ko gaganti siya pero binaba lang niya ang unan sa higaan ko bago ako ngitian at magpaalam. Tinawag muna niya si Percy para ayain.

**"Bumili ka ng air freshener,"** sabi niya sa step-brother ko.

**"Ikaw na lang. Kaya mo na yan."**

**"BUMILI KA NA!"** sabay na sigaw ni Yuri at Aries sa kanya.

Napasibangot naman si Percy at padabog na naglakad kasunod ni Keifer. Para siyang bata na hindi na nasunod ang gusto. Napilitan tuloy ang Hari na batakin siya sa kwelyo.

Pagsara ng pinto naging tahimik kaming tatlo. Inayos ulit ni Yuri ang higaan ko.

**"Okay na, pwede ka na ulit mahiga,"** sabi pa niya at ngumiti.

Ngumiti din ako sa kanya. **"Muka kang pagod na pagod,"**

Inayos niya ang buhok bago punasan ang muka. Ngayon ko lang napansin na hindi niya suot ang salamin. Yumuko siya at hindi nakaligtas sa paningin ko ang kulay ng buhok niya. Magkaiba!

Alam mo yung kulay pula na halatang kinulayan lang at yung tunay na redhair kagaya sa mga Scottish o kaya Russian. Ganon ang kulay ng buhok niya, naglalaro sa pekeng pula na simulat-sapul ko na nakikita sa kanya, at sa totoong redhair.

Sinubukan kong abutin ang buhok niya pero mukang napansin niya ang balak ko. Agad siyang umiwas at takang napatingin sa 'kin. Para akong merong germs na kailangang iwasan.

**"Why? What's wrong? Is there something in my hair?"** tarantang tanong niya.

Gusto kong magtaka sa naging reaksyon niya. Buhok lang niya ang balak kong hawakan pero bakit parang merong problema sa anit niya. Naalala ko ang reaksyon ni Keifer ng minsan kong tangkaing punahin ang buhok ng bestfriend niya.

Yung reaksyon ni Keifer na para bang pinipigilan niya kong ungkatin o magtanong ng kahit na ano tungkol sa nasa buhok ni Yuri.

*Meron ka bang tinatago sa anit mo?*

**"W-Wala, maalikabok lang,"** sagot ko pero alam kong hindi siya naniniwala.

Hindi naman mala-ginto ang ang hibla ng buhok niya pero kung makaiwas, parang umiiwas na manakawan ng dandruff. Maisasanla ko ba yan kapag nakuha ko? Siguro maligaya ang kuto sa anit niya dahil sa pagpapahalaga niya sa hair niya.

**"I will j-just clean my hair,"** paalam ni Yuri at naglakad palabas ng kwarto.

Akala ko sa CR siya pupunta pero naalala ko andon pa pala ang iniwang demunyo ni Percy mula sa kaloob-looban niya. Mas mabuti nga kung sa loob na niya ayusin ang buhok.

Nagpaypay ako gamit ang kamay ko. Nawala na kasi ang lamig ng aircon dahil sa bukas na bintana. Napatingin ako kay Aries ng mapansin kong nakatingin siya sa 'kin. Agad din kaming nag-iwasan.

Tuloy lang siya sa pagpapaypay sa hangin palabas ng bintana. Mabaho pa rin pero kaya ng pagtiisan. Lintik kasing tyan ng Step-brother ko, parang nagtago ng bulok na hayop sa tyan.

**"Sa bahay ka na umuwi,"** sabi ni Aries ng hindi tumitingin sa 'kin.

*Sino kausap niya? Meron na ba siya imaginary friend sa bintana?*

Hindi ako sumagot at ngumuso lang. Bakit niya papauwiin sa bahay ang bago niyang friend. Nakakatakot yon.

**"Ako na lang ang mag-stay sa unit ni Kuya Angelo."**

Alam ko namang ako ang tinutukoy niya. Pero hindi pa rin ako sumasagot. Papanindigan ko ang iniisip kong meron siyang bagong friend na hindi ko nakikita.

**"Ako na kakausap kay Kuya, para makuha na ang mga gamit mo."**

*Sige Jay-Jay, kuwari hindi ikaw kausap niya.*

**"Sa bahay ka na. Mas maasikaso ka do'n,"** patuloy lang niya.

Pero ako patuloy pa rin sa hindi pagsagot sa kanya. Hindi ko alam kung gaano ko katagal mapipigilang hindi siya kausapin. Pero dapat makayanan ko.

Mas mabuti na ang ganito. Ayoko ng dumagdag sa sakit na naranasan niya.

Mukang napansin din naman niya ang ginagawa kong pag-iwas. Malalim siyang napabuntong hininga.

**"I know the truth Jay,"** sabi niya at bahagya ko siyang tinignan.

Tumigil siya sa ginagawa at hinarap ako. Gusto kong lumabas ng kwarto. Parang alam ko na ang ibig nyang sabihin na truth na yan. *Wala bang choices? Truth or dare? Bakit Truth lang kanya?*

**"You remembered that night? The night we both suffered from that guy? He kidnapped and attempt to separate us then things happen,"** kalmado siya habang sinasabi 'yon pero ako hindi.

Agad kong tinakpan ang magkabilang tenga ko. **"H'WAG MO IPAALALA!"** sigaw ko sa kanya.

Bumabalik sa 'kin lahat. Madilim na kwarto, maraming gamit na nagkalat, pati amoy ng lugar, basag na salamin at umaagos na dugo. At siya...si Aries sa sahig na hawak ang sugat.

Ayoko na maisip 'yon. Ayoko na bumalik sa 'kin ang mga 'yon. Ayoko na 'yong maalala.

Kaya ayoko rin makita si Aries, bukod sa hiya at konsensya hindi ko maiwasang makita ang muka niya na nasa ganong sitwasyon. Yung itsura niya habang nahihirapang huminga.

Hindi ko kaya. Ayokong bumalik ng paulit-ulit sa 'kin ang mga 'yon. Agad akong tumayo at akmang tatakbo palabas pero nahawakan niya ko sa braso. Sinubukan kong magpumiglas pero magkabilang balikat ko na ang hawak niya.

Hinarap niya ko sa muka niya. Agad akong napahagulgol ng iyak.

**"S-Sorry... Hindi ko s-sinasadya 'yon. Maniwala ka hindi kita g-gustong saksakin,"** sabi ko at akmang luluhod sa kanya pero pinigilan niya ko.

Kita ko ang gulat at pag-aalala sa muka niya pero mas nanaig sa 'kin ang konsensya.

**"Hanggang saan ang naalala mo? But Kuya Angelo said . . ."** Hindi na niya nagawang tapusin ang sasabihin.

Hindi ko maintindihan ang sinasabi niya. Patuloy lang ako sa pag-iyak at paghingi ng tawad sa kanya. Dahil sa 'kin, habang buhay na niyang daranasin ang paghihirap. Hindi man lang siya makakakilos ng maayos. Habang buhay ko siyang minarkahan.

**"H-Hindi ko gustong g-gawin 'yon . . . Wala akong k-kontrol . . ."**

Nakatitig siya ng matagal habang pinapakinggan ang mga sinasabi ko. Akala ko galit siya dahil wala pa rin siyang sinasabi hanggang sa unti-unti niya kong yakapin.

**"Sshh . . . Hindi ako galit. Hindi galit si Kuya sa 'yo,"** bulong niya sa 'kin.

Pero alam kong kulang pa ang paghingi ko ng tawad sa kanya. Alam kong dapat magalit pa rin siya. Malaya siyang sumbatan ako, murahin at pahiyain ako. Dapat lang niya ko sumbatan. Dapat lang na hindi niya tanggapin ang paghingi ko ng tawad.

Lalong lumakas ang pag-iyak ko dahil pakiramdam ko, masyado siyang mabait sa 'kin.

*At ako? Puro pananakit lang ang binibigay sa kanya.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 368

**A/N:** I miss updating. hehe

**Piece of memory**

***Jay-Jay's POV***

Naririnig ko ang tunog ng ambulansya. Puro dugo pero hindi ko alam kung kanino nagmula. Nakatingin ako sa maliit na bintana, maraming anino ang dumadaan don. Ilang beses akong kumurat hanggang sa unti-unti kong naramdaman ang kirot sa palad ko. Meron akong hawak na agad kong binitawan.

Lumingon ako sa likod ko ng makarinig ako ng ingay. Tinitigan ko ang anino nila mula sa labas. Lalakad na sana ako palabas ng may matisod ako dahilan para madapa ako. Napaluhod ako at nilingon kung ano ang natisod ko.

Binti. Tinignan ko kung kanino. Tinitigang mabuti. Binti ni Aries. Wala siyang malay at puno ng dugo ang damit.

*Hanggang do'n ang naalala ko.*

Ipinaliwanag kong lahat 'yon kay Aries. Pinilit niyang hingiin ang detalye ng naalala ko no'ng gabing 'yon. Ayoko talaga pero sabi niya makakatulong daw 'yon para maintindihan ang kalagayan ko.

Pero hindi ko na kayang magbigay ng detalye.

**"Jay. . ."** tawag sa 'kin ng kapatid ko na may halong pakiusap.

Umiling ako at niyakap ang mga binti ko bago dumukdok sa tuhod ko. Sandali akong napatingin sa nurse matapos nilisin ang mga ginamit niya bago umalis. Tinanggal na ng tuluyan ang dextrose ko at agad na pinalitan ng bulak at tape.

Hindi ko magawang sabihin sa kanya na sa bawat oras na binabalikan ko ang nangyari bumabalik din sa 'kin ang nararamdaman ko ng gabing 'yon. Yung takot, sakit, hinagpis at bigat sa dibdib ko. Unti-unti ring sumasakit ang ulo ko kasunod ng pagkahilo. Naalala ko rin ang amoy ng dugo at ng kwarto pati temperatura ng mga oras na 'yon. Parang babaliktad ang sikmura ko.

**"Wala na kong maalala. Hanggang do'n lang,"** sabi ko habang pilit pinipigalan ang maiyak.

**"That's enough,"** sabi ni Keifer mula sa sulok ng kwarto.

**"No, it's not. Pwede pa niyang maalala ang iba kung aalalahanin niya ang mga nangyari nang gabing 'yon,"** pagpipilit ng kapatid ko.

Umiling si Keifer at pumagitna na sa 'min ni Aries. **"Hindi mo alam ang pwedeng mangyari sa kanya dahil dyan sa ginagawa mo!"**

Halatang nairita na ang kapatid kong kaharap lang niya. Pati si Yuri na halos kakarating lang din pumagitna na.

**"Keifer is right, it's too risky for Jay-Jay,"** sabi niya at bahagyang pinaglayo ang dalawa.

Si Percy naman ay nasa lamesa lang, yakap ng isang braso ang binili niyang air freshener at kumakain ng fries habang pinapanood kami gamit ang kabilang kamay. Nagpapalipat-lipat pa ang tingin niya, halatang sinusundan ang nagsasalita.

*Parang nanood lang ng sine ah.*

**"Ano bang alam niyo sa sitwasyon niya? Dapat nga magsalita siya para masabi namin sa psychiatrist at matulungan siya,"** inis na sabi ni Aries.

Tumataas ang tono ng boses niya. Alam kong hindi papatalo ang Hari ng mga Ulupong. Kahit ayoko ng humarap sa kanila pinilit kong umalis sa pagkakaupo ko para hatakin si Keifer na siyang pinakamalapit sa 'kin.

**"Tama na. Mag-aaway pa kayo eh,"**

Hindi niya ko pinansin.

**"Compare to you, mas marami akong alam!"** sagot niya sa kapatid ko.

Halatang napikon si Aries. Tinangka niyang lumapit kay Keifer pero dahil kay Yuri hindi niya magawa.

**"Mas mahusay ka na niyan? You think you're better than me?"**

*Ay, talaga nga naman.*

Hindi talaga pwedeng hindi sila magpapaligsahan. Nauwi na nga sa pagtatalo. Syempre sasagot pa rin 'tong Hari dahil nga hindi siya papayag na malamangan.

**"Of course! I'm always better than you!"**

Sumagot na nga. Kundi dahil kay Yuri na naiipit na ngayon sa kanila malamang kanina pa sila nag pang-abot. Pero mukang gigil na talaga sila sa isa't-isa.

Tinangka ni Aries na lumapit para itulak si Keifer pero si Yuri ang natulak niya. Mabuti na lang at hindi malakas ang pagkakabagsak niya, agad ko rin siyang nilapitan. Gumanti naman ang Hari, mabilis niyang nahablot ang kapatid ko at may pwersang itinulak. Hindi siya tumumba pero sapat ng dahilan 'yon para magsimula silang magsuntukan.

**"Hoy! Hoy!"** sita ko habang tinutulungan si Yuri.

Umamba na ng suntok si Aries pero bago pa tumama 'yon may nag-spray ng air freshener sa 'min. Oo, sa 'ming lahat, kasama ako.

*Tangina. Napakahusay naman talaga.*

Agad akong napapikit at tinakpan ang muka ko gamit ang mga kamay ko. Humapdi ang mga mata ko at halos hindi ako makahinga dahil sa amoy. Mabango naman sana kundi lang sa mismong pagmumuka namin ini-spray.

**"Ayan, air freshener para ma-fresh ang utak niyo,"** sabi ni Percy at walang tigil sa pag-spray.

**"Stop! Stop it!"** galit na sabi ni Aries.

**"It burns my eyes!"** sigaw ni Keifer.

**"What the hell! Stop it Percy!"** si Yuri na nasa tabi ko lang at halatang hirap na ring huminga dahil sa sunod-sunod na pag-ubo.

**"Tama na!"** mangiyak-ngiyak na sabi ko.

Buti na lang at parang naubusan na ng laman ang bote. Kanina pa niya kasi ini-spray ang laman no'n sa CR buhat ng dumating siya at ngayon tuluyan nang nawalan ng laman. Inalog-alog niya pa 'yon at tinangkang pindutin ulit.

**"Ay ubos na,"** sabi pa niya.

Kanya-kanya kami ng punas sa mga muka namin at pag-ubo para lang mawala ang epekto ng ginawa ni Percy sa 'min. Nalalasahan ko sa dila ko ang paet kahit hindi ko naman nalanghap ng direkta lahat.

*Kainis. Buti sana kung masarap ang lasa.*

**"What the fvck Percy!"** dinig kong sabi ni Yuri.

**"You wasted the whole bottle just to piss us off!"** galit na sabi ni Keifer.

**"Sulit naman, edi natahimik kayo?"**

**"Kaso mata at baga naman namin ang nadali! Ayusin mo naman!"** inis na sabi ko habang unti-unting dinidilat ang mga mata.

Dinig ko ang patuloy na pag-ubo ni Aries. Nakaramdam ako ng kaba dahil parang nahihirapan na siyang huminga. Nang makadilat ng maayos agad ko siyang nilapitan. Hindi ko maiwasang matakot lalo na't may tama ang baga niya...*Na kagagawan ko.*

**"Aries,"** tawag ko sa kanya.

Itinuro niya ang lalamunan at sumenyas ng inumin gamit ang kamay. Nakuha ko naman ang ibig nyang sibihin kaya agad akong kumuha ng miniral water sa lamesa. Binuksan ko 'yon at inabot sa kapatid ko.

Bahagya siyang nakaginhawa pero panay pa rin ang ubo. **"Damn, that itch my throat."**

*Buti naman at yun lang epekto sa kanya.*

Hinarap ko ang step-brother kong ini-spray ang natitirang laman ng bote sa katawan niya. Akala yata niya ginhawa sa ilong ang amoy no'n, kahit mabago masakit kaya sa pang-amoy.

**"Alam mo bang pwede kaming mamatay dyan sa air freshener mo?"** inis na tanong ko.

**"Sis, mas nakakamatay pa rin amoy ng hininga mo,"**

*Ay gago, paalala mo pa!*

Bwisit talaga 'to! Nasipilyuhan ko na ang bibig ko tapos meron pa rin siyang naaamoy.

**"Hiyang-hiya naman ako sa amoy ng tae mo!"**

**"Yes, mahiya ka sa amoy ng gwapo,"** mayabang na sagot niya.

Initsa ko ang paa ko para sipain siya pero humakbang lang siya palayo para makaiwas. Tinawanan pa niya ko. Hahabulin ko pa sana siya ng isang sipa pero tinawag ako ni Keifer na umagaw ng atensyon ko.

*Husay talaga mang-inis.*

**"Are you okay?"** tanong sa 'kin ni Keifer.

Kinusot ko ang isang mata ko bago siya harapin. **"Okay naman, makati lang 'to."**

Ginamit niya ang dulo ng shirt niya para punasan ang mga mata ko.

**"Ako din, punasan mo mga mata ko. Sumasakit kasi dahil sa kalandian niyo,"** may inis na sabi ni Percy habang nilalapit ang muka kay Keifer.

**"Fvck off,"** sagot naman ng Hari sa kanya.

Bahagya lang naman tumawa ang step-brother ko. Nagpamaywang pa siya habang tinitignan kaming lahat. Nang makaayos kami lalo na si Aries tsaka siya nagsalita.

**"Kalmado na kayo? Wala ng mag-aaway?"** tanong niya at tumingin naman kami sa kanya. **"Pwede ba, kapag tungkol sa kalagayan ni Jay-**

**Jay kumalma kayo? Lalo na kayong dalawa,"** sabay turo kay Keifer at Aries.

Umiwas naman ng tingin ang dalawa. Syempre hindi nila matatanggi na sila talaga lagi ang may issue at mabilis magkainitan ng ulo. Kahit ano naman yatang dahilan ikakagalit nila. Kahit nga yata alikabok pag-aawayan pa nila.

*Hindi ko naman sila masisisi.*

Ang dami nilang pinagdaanan. Nagkaroon ng malaking lamat ang pagkakaibigan nila, nasira ang tiwala sa isa't-isa at wala man lang maayos na pag-uusap mula sa pagitan nila.

**"Para kanino ba 'tong problemang sinusubukan niyong solusyunan?"** seryosong tanong ni Percy.

Kapag talaga nags-seryoso siya naninibago ako. Hindi ko maiwasang isipin na galit siya. Pwede ring hindi kasi bagay sa kanya.

**"Learn to set aside your issues. This is for the sake of your sister. . . "** sabi niya kay Aries. **"And your girlfriend,"** sabi niya kay Keifer.

Tumaas ang isang kilay ng kapatid ko. Parang may pumitik sa pasensya niya at mukang kinagalit ang sinabi ni Percy.

**"G-Girlfriend who? They're not fvcking dating. My sister is no one's girlfriend. Don't you ever say that. She's not Keifer's girlfriend,"** sunod-sunod na sabi niya at parang gusto ng sugurin si Percy.

*Ito na naman nga.*

**"Kasasabi ko lang kumalma!"** sagot ni Percy pero hindi siya pinakinggan ni Aries. **"May space kasi 'yon, girl, space, friend!"**

**"Enough with the jokes,"** sabi ni Yuri kaya napatingin kami sa kanya. **"Percy is right. We should all set asides our personal issues to each other. Pare-pareho lang naman tayo ng gusto, ang malaman ang lagay ni Jay-Jay at matulungan siya. I'm willing to deal with it later, kayo ba? Who's with me?"**

*Si Yuri na mapagpasensya.*

Isa rin siyang naapektuhan at nagkaroon ng lamat ang pagkakaibigan kay Aries. Madalas umiiwas siya sa kapatid ko pero ito siya ngayon at handang isang tabi ang gulo nila at hindi pagkakasundo. Hindi ko maiwasang, nakakalambot ng puso. *Parang mamon.*

Agad akong lumapit kay Yuri para yakapin siya. Tinanggap niya 'yon at niyakap din ako. Alam kong marami siyang pinagdadaanan ngayon. May mga bagay na hindi pa niya naaayos hindi lang sa sarili niya pero pati na rin sa mga pamilya niya. Pero heto siya at handa pa ring tumulong sa 'kin.

Ang sama ko ba dahil pinag-isipan ko siya ng masama? Masama ba ko dahil pumasok sa isip ko na baka may balak siyang patayin si Keifer dahil sa papel na nakuha ko sa gamit niya? Ang sama ko ba dahil pinadududahan ko siya?

Alam kong mabuting tao siya kaya nahihirapan talaga akong tanggapin ang mga nangyayari sa kanya.

*Gusto kong malaman ang totoo, dahil ayokong husgahan siya sa kakarampot na bagay na alam ko.*

**"Malaki ang kasalanan ko sa 'yo. Gusto kong makabawi sa mga nagawa ko,"** bulong niya sa 'kin at hinalikan ako sa ulo. **"I regret forcing you to be with me, to be my fiancée. Dapat inalam ko muna ang kalagayan mo."**

Umiling ako. **"Pareho tayong my mali do'n."**

**"See? That's what I'm talking about,"** sabi ni Percy kaya tinignan namin siya bago ako bumitaw sa pagkakayakap. **"Isantabi muna natin for the sake of Jay-Jay. I'm definitely with Yuri. . . only for Jay-Jay."**

**"I'm always willing to do everything for my girl,"** sabi ni Keifer at hindi ko maiwasang mapangiti.

Tinignan naming lahat si Aries na parang ayaw pang pumayag sa pinagkakasundaan ng tatlo. Tumingin siya sa 'kin at kita ko ang lungkot sa mga mata niya.

**"For the sake of my sister, pero kung hindi tungkol sa kanya wag niyong asahan na magiging okay tayong lahat."**

*Matigas pa rin loob niya talaga.*

**"Pwede na, pwede na,"** sabi ni Percy habang tumatango. **"Kesa naman hindi tayo magkasundo-sundo. Pag-usapan natin ngayon ang gagawin."**

Napatingin ako kay Keifer nang makita kong nakalahad ang kamay niya sa 'kin. Tinanggap ko naman bago niya ko hatakin palapit sa kanya at halikan sa noo. Inakbayan niya pa ko pero agad na hinampas ni Aries ang kamay niya kaya napabitaw siya.

**"Hindi kasama yang paglandi mo sa kapatid ko,"** gigil na sabi niya at sinenyasahan akong lumapit sa kanya.

Lumapit naman ako habang nakanguso. Pinandilatan niya ko ng mga mata na para bang sinasabi na '*Manahimik ka dyan*'. Umoo na lang ako at tumayo sa tabi niya.

*Napakasungit akala mo naman walang jowa.*

Humarap ako kay Percy na kasalukuyang binababa ang mga hawak sa lamesa.

**"So, ganito. . ."** panimula ni Percy at lahat kami sinugurong nasa kanya lang ang atensyon.

Lumapit pa si Yuri para marinig ng maayos ang sasabihin niya. Seryoso kaming naghihintay dahil mukang may plano na siya. Kagaya nga ng sinabi ko minsan lang siyang magseryoso kaya malamang na marami siyang gustong ibahagi sa 'min.

**"Dadalhin natin si Jay-Jay. . . sa mental hospital,"** sabi niya at napahagulgol ako ng iyak.

*Tangina naman!*

Sunod-sunod ang pagmumura ng kapatid ko. Hahablutin na sana ni Keifer si Percy pero inawat kagad siya ni Yuri. Nagsimula kaming magkagulo at halos hindi na magkarinigan dahil sa sabay-sabay na pagsasalita.

**"Malala na ba ko para dalhin sa mental?"** umiiyak na tanong ko.

**"You son of a btch! Maraming kabaliwan ang kapatid ko pero normal pa rin yan!"** galit na sabi ni Aries.

*Ay wow! Salamat sa pagtatanggol.*

**"Ang tino-tino ng usapan!"** inis na sabi ni Yuri habang inaawat pa rin si Keifer.

**"You are out of your mind! Gusto mo sa ICU kita dalhin!"** galit na sabi ng Hari.

**"KUMALMA MUNA KAYO!"** sigaw ni Percy at unti-unit naman kaming huminahon. **"I'm not talking about the public mental hospital. I'm talking about the Romana Asylum."**

Kumalma na si Keifer kaya bumitaw na si Yuri. Pareho kami nina Aries at Yuri na napaisip sa sinabi niya. Na-curious naman ako dahil tunog mayaman ang pangalan na binanggit niya.

*Tao ba 'yun?*

**"What are you thinking?"** tanong ng Hari kay Percy.

Pinunasan ko ang muka ko gamit ang braso ko. Nang mapansin ko ang pagkabasa no'n pinahid ko naman kay Aries na tinignan lang ako ng masama bago binalik ang tingin sa step-brother kong nagpapaliwanag.

**"I know a Doctor that specializes in trauma. He's in Romana Asylum right now. Kung dadalhin natin si Jay—,"**

**"Kung dadalhin natin si Jay-Jay do'n baka hindi na siya makalabas,"** putol ni Keifer sa sinasabi ni Percy.

*Hala, ikukulong ako.*

Napahawak ako sa braso ng kapatid ko. Hindi ko gusto ang tono nila. Gusto yata nilang ipakulong na ko sa hospital.

**"Hindi naman sila nag-a-admit ng walang proper diagnosis."**

Nahilamos ng Hari ng mga Ulupong ang muka niya. **"Percy, that place is a prison and I'm not gonna escort Jay to that Asylum."**

**"Ipapatingin lang natin siya sa Doctor do'n."**

**"Then let's invite that Doctor somewhere else. Bayaran natin ang oras niya. I can double or triple the pay."**

Napabuntong hininga si Percy. **"That's the problem, hindi siya lumalabas ng Asylum."**

**"Or we could find a different Doctor,"** singit ni Yuri sa kanila.

**"Bago kayo maghanap ng Doctor, pumayag na ba kong magpatingin? Tsaka ano bang meron sa Romana Asylum na yan?"** inis na tanong ko.

Nakakainis kasing wala kaming maintidihan sa pinag-uusapan nila. Pinagtatalunan pa kung dadalhin ba ko sa Asylum na sinasabi nila. Hindi muna ako tanungin kung gusto ko ba talagang magpatingin. Marunong pa sila sa 'kin.

*Wala ba kami dito? Hindi ba kami nag-e-exist?*

Humarap sa 'min si Keifer at siya ang unang sumagot. **"Romana Asylum is a private psychiatrict hospital. Madalas do'n dalhin ang mga elites, old moneys and famous people na tinatago sa madla ang kalagayan nila. But I never heard any good words from that hospital."**

**"But they have a reputation, they can manage even the worst psychotic cases,"** singit ni Percy.

**"Kaya kampante ka na dalhin si Jay-Jay don?"** tanong ni Aries.

**"For check up only,"** pagtatama ng step-brother ko.

**"Hindi pa nga ako pumapayag di ba?"** pagpapaalala ko.

*Ay ang kulit nito.*

**"Ay Sis, don't be afraid. Kasama mo naman kami kapag nagpa-check up ka."**

**"Hindi pa rin ako payag."**

**"Humanap muna tayo ng available na Doctor. As much as possible yung malapit lang. Then let's wait for Jay-Jay's permission,"** sabi ni Yuri at agad naman akong tumango para sumang-ayon.

Napilitan si Yuri at Percy na pumayag. Si Aries naman nakatingin lang sa 'kin na para bang sinusubukan niyang ipasa sa 'kin ang iniisip niya.

*Wala akong telekeneme bro.*

**"Okay, will look for a Doctor then ipapatingin natin si Jay,"** sabi niya at nagbuntong hininga.

**"Hoy, hindi pa nga ako pumapayag!"** pagpapaalala ko.

**"Whatever. Pag-usapan na lang natin kapag nandyan na."**

Napanguso ako. Wag lang talaga nila akong pipilitin. Hindi ako kumportable sa mga Psychiatrist.

Wala naman silang masamang ginagawa sa 'kin pero ang hirap kasi magsalita sa mga istranghero. Kahit alam kong eksperto sila, hindi ko pa rin sila kilala.

*Baka mamaya sabihin nila kay Kuya ang sasabihin ko.*

**"Who would have thought that I would see the four of you talking like friends again?"**

Sabay-sabay kaming napatingin sa pinto para tignan kung sino ang nagsalita. Speaking of, ito na ang nagpapanggap na anghel.

Seryoso niya kaming pinapanood habang may hawak na paper bag at piraso ng papel.

Tuloy-tuloy siyang pumasok bago iabot sa 'kin ang paper bag. **"Your clothes. Pwede ka na raw umuwi."**

*FINALLY!!!!!!*

Agad ko namang tinaggap 'yon. Ang sarap tumalon sa tuwa. Tinignan ko sandali ang laman bago pumasok sa banyo at magbihis. Hindi ko namalayan na hindi ko pala naisagad ang pagkakasara ng pinto. Habang nagbibihis naririnig ko silang nag-uusap-usap.

**"Magkakasundo na ulit kayo?"** tanong ni Kuya at halos sabay-sabay silang sumagot.

**"Sort of,"** sagot ni Keifer.

**"No, not gonna happen,"** pagmamatigas pa rin ni Aries.

**"Something like that,"** sagot naman ni Yuri.

**"Pwede na rin,"** sagot ni Percy.

Halatang mga napipilitang lang sumagot. Hindi ko naman sila masisisi, kakasabi nga lang nila kanina, okay lang sila kapag tungkol na sa 'kin ang usapan.

Dapat ba kong matuwa no'n? Nagkasundo sila para lang pagtulungan akong dalhin sa Doctor. Pero siguro magandang simula na rin 'to. Kung paunti-unti mag-uusap sila baka sa susunod kaya na nilang mag-usap ng mas matagal. Kapag nakausap na nila ang isa't-isa ng matagal baka pwede na pag-usapan ang puno't dulo ng pag-aaway nila.

*At sana magkapatawaran na.*

Pagkatapos magbihis, lumabas na ko para naman ayusin ang mga pwede ko pang ayusin. Bigla kong naalala yng susi na binigay sa 'kin ni Keigan. Hinanap ko yun sa kama ko at mabuti na lang hindi napunta kung saan. Sumiksik lang sa gilid ng kutson.

Pag-angat ko ng tingin ibibigay ko sana kay Keifer pero naalala ko ang sinabi ni Keigan na ibigay ko lang sa kapatid niya kapag may hindi magandang nangyari sa kanya. Alam kong mas tama na ibigay ko ngayon pero masisira naman ang tiwala ni Keigan sa 'kin kung hindi ko gagawin ang sinabi niya.

Agad kong tinago ang susi ng lumingon si Keifer sa gawi ko.

**"Are you done?"** tanong niya sa 'kin.

Ngumiti naman ako bago tumango. Lumapit siya sa 'kin para kuhanin ang paper bag sa kamay ko. Pasimple kong tinago ang susi sa bulsa ng pants ko.

Napatingin ako kay Kuya ng mapansin kong nililinis niya ang laman ng lamesa. Kinuha niya ang mga natirang pagkain at bottled water na nilagay niya sa isang paper bag. Napalingon siya sa 'min ng mapansing lahat kami nakatingin lang sa kanya.

**"So none of you will help me here?"** reklamo niya.

Nagtinginan pa sina Keifer, Yuri, Aries at Percy bago kumilos. Humakbang sila at tuloy-tuloy na naglakad, hindi nga lang palapit sa kanya kundi palabas ng pinto. Agad akong sumunod sa kanila ng maintindihan ko ang nangyayari.

*Ayokong mapag-initan ni Kuya.*

Naghintay lang kami sa labas ng kwarto. Timing naman at dumaan ang Doctor na tumingin sa 'kin at tinawag si Kuya Angelo na '*bobo*'. Kung hindi ako nagkakamali, Lucius ang pangalan niya. Nakatingin siya sa 'min at nagtataka kung bakit nasa labas kaming lima at nag-aabang ng kung ano.

*Naghihintay po kami himala.*

**"Discharge ka na?"** tanong niya sa 'kin at tumango naman ako.

Lalakad na sana siya paalis pero huminto siya ng makita si Kuya Angelo palabas ng kwarto. Ngumiti siya ng malapad.

**"Angelo—."** Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil bigla na lang humampas sa muka niya ang supot ng basura na hawak ni Kuya.

**"Look, a trash is attracted to another trash,"** sabi ni Kuya na parang nagbibigay lang ng lesson sa 'min.

Narinig ko ang pagtawa nina Keifer, Yuri, Aries at Percy.

**"Very funny,"** sabi ni Doc Lucius.

Tinalikuran lang siya ni Kuya Angelo. **"Don't forgot to throw the trash for us."**

Hindi na rin sumagot si Doc dahil nakalayo na si Kuya. Sumunod naman kami agad pero nagpasalamat muna ako bago umalis. Ngumiti lang sa 'kin si Doc bago pulutin ang supot ng basura.

Makakauwi na ko, ibig sabihin pwede na rin akong kumain ng mga solid food nito.

*Yes! Makakabawi na ang aking tyan.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 369

**Dinner Party**

***Jay-Jay's POV***

*Gutom na gutom na ko.*

Akala ko pag-uwi sa bahay makakakain na ko. Matapos daanan ang mga gamit ko sa unit ni Kuya Angelo, dumiretso na kami sa bahay. Yakap ko ang dalawang snorlax ko at si Aries naman ang may dala ng bag ko. Pare-pareho kaming nakatanga sa kaguluhan sa bahay.

**"Hello Jay!"** bati ni Ci-N habang kumakaway.

Pasimple naman akong kumaway sa kanya pabalik.

**"Hoy, tulungan niyo ko dito!"** sigaw ni Eman at naglakad papuntang kusina.

Sumunod naman sa kanya si Felix, Denzel at Kit. Inaayos naman nila Rory, Edrix at Calix ang sofa sa salas. Ang iba naman halatang nanggugulo lang kagaya ng batang kumag.

*May renovation ba sa bahay?*

**"What is this? What is going on?"** takang tanong ni Aries.

Napatingin ako sa balikat ko ng dumaan si Kuya Angelo. Tinignan namin siya dahil baka ikagalit niya ang kaguluhang ginagawa ng mga Ulupong pero parang wala lang sa kanya.

**"Mukang hindi kayo kakasya rito. Ipapalabas ko na lang ang mga kotse, sa garahe na kayo,"** suhestyon ni Kuya at agad na tumanggi si David.

**"Okay na kami dito,"** sabi pa niya.

**"Para mas maganda nga kung sa garahe na lang,"** sabi ni Mama na biglang sumulpot habang may dalang foldable table.

Agad siyang tinulungan ni Eren.

*Wow, gentleman.*

**"Sige, ipapalabas ko na ang mga sasakyan,"** sabi ni Kuya at lumakas palabas.

Tatangi pa sana ulit si David at mga Ulupong pero nawala ang pinsan ko sa paningin namin. Lumitaw si Tito Julz hawak ang ilang susi ng kotse para siguro tulungan si Kuya na i-park sa labas ng gate ang mga sasakyan.

"*Balik na natin, sa labas na lang daw tayo.*"

"*Ito na. Ito na.*"

Binalik naman ng mga Ulupong ang mga ginalaw nilang gamit. Maging sofa at coffee table inayos ulit nila. Pati maliit na halaman sa ibabaw no'n binalik din.

*Ano ba talagang nangyayari?*

**"Dabid,"** tawag ko at tumigil naman siya para harapin ako. **"Anong nangyayari dito?"**

**"Kakain sana sa restaurant or fast food kaso ayaw pumayag ng Kuya Angelo mo, sabi niya dito na lang daw sa bahay. Kaya ito, nag-aayos kami ng pupwestuhan nating lahat,"** paliwanag niya.

Napatingin ako kay Aries na nakasibangot na. Halatang hindi niya gusto ang ideya na dito na naman kakain ang mga Ulupong. Pero kagaya no'n dinalaw ako ng buong Section E na may pagkain wala ulit siya magawa kundi tahimik na magreklamo.

*Bibigyan ko na lang siya foods.*

Humarap ulit ako kay David at nagpaalam. **"Sa kwarto lang ako, ibababa ko lang mga gamit ko."**

Ngumiti sa 'kin si David at tinuloy ang ginagawa. Lumakad ako papunta sa kwarto ko at kasunod ko naman si Aries. Pagdating sa kwarto binaba niya ang bag ko at tumalikod na para iwan ako.

Napanguso ako. Sigurado akong naiinis na siya. Hindi pa nga kami tapos mag-usap sa balak niyang paglipat sa unit ni Kuya tapos ito na naman. Hindi ko tuloy masabi kung okay na ba kami o okay na ba ko sa kanya.

Hindi ko naman itatanggi na mabigat pa rin ang pakiramdam ko at minsan nahihirapan akong tignan siya. Ando'n pa rin ang pagiging guilty sa 'kin. Hindi nga ako sigurado kung tama na umuwi na kagad ako dito sa bahay, kaso mapilit siya na umuwi na raw ako.

Nagpalit ako ng damit matapos ayusin ang gamit ko. Tinignan ko rin ang cellphone ko pero wala namang mahalagang bagay o message kaya nilagay ko na lang sa bulsa ng shorts ko bago lumabas ng kwarto.

Pumunta ako sa kwarto ni Aries. Kumatok muna ako at ng marinig ko siyang sumagot tsaka ako pumasok. Nakaupo siya sa study table niya at merong binabasa sa Laptop niya. Hinarap niya ako sandali bago balikan ang ginagawa.

**"Do you need anything?"** tanong niya.

**"Hindi ka na tutuloy sa balak mo di ba?"** tanong ko.

**"Which one?"**

**"Paglipat sa unit ni Kuya,"** paglilinaw ko.

Umiling siya. **"Hindi na, baka umiyak ka eh."**

Napanguso ako. Alam kong iyakin ako pero hindi ko iiyakan ang pagkumbinsi sa kanyang wag na lumipat sa unit ni Kuya Angelo.

*Mga slight lang siguro.*

**"Gusto ko lang ding sana sabihin, may pagkakataon na iiwasan kita."**

Tinigil niya ang ginagawa at hinarap ako. **"We already talk about it, right? Hindi kita sinisisi sa nangyari no'n kaya bakit iiwasan mo ko? Kung tungkol naman kay. . ."** nag-alangan siyang magsalita. **"Ares, kalimutan mo na 'yon."**

**"Naiintindihan ko naman, pero andito pa rin kasi sa 'kin 'yung pakiramdam. Sinisisi ko pa rin ang sarili ko at nag-guilty pa rin ako. Hindi naman to basta mawawala,"** paliwanag ko habang napapayuko.

Napabuntong hininga siya. **"Okay, I understand. If you think you need space, I will it give it you. Pero hindi ka pwedeng lumayo ng sobra."**

Bahagya akong ngumiti at tumango. **"Alam ko. Susubukan ko naman alisin ang pakiramdam na 'yon."**

Tumitig siya sa 'kin ng ilang sandali bago kuhanin ang cellphone niya. **"Siguro para mawala na rin ang pagka-guilty mo. Dapat mo ring malaman na matagal na kong sinusubukang contact-in ng Ares na 'yon,"** sabi niya at pinakita ang call history niya sa 'kin.

Kinuha ko ang cellphone niya. Naka-filter na ang mga calls kaya iisang number na lang ang nakalagay. Ito ang parehong number na sinagot ko nung isang araw habang nasa kotse niya kami. Bumalik ang ala-ala ko sa kidnapping nang araw na 'yon.

*Pilitin ba namang bumalik. Jay-Jay shunga.*

Simula pa ng nakaraang taon, sinusubukan na siyang tawagan ng Tatay niya. Binawi niya ang cellphone sa 'kin at nagpipindot sa screen bago iharap na naman sa 'kin. Inbox naman ngayon ang pinakita niya.

Mula sa kaparehong number, puro text message para sa kanya. '*Ito ba si Aries, ako 'to ang Tatay mo. Pwede ka bang makausap?*' basa ko sa isa sa mga message. Pa-ulit-ulit na gano'n at nagpapaalam na magkita or mag-usap sila pero wala ni isang reply mula sa kanya.

Naiintindihan ko kung bakit hindi niya sinasagot.

**"Bakit hindi mo binlock na lang ang number niya?"** tanong ko at binalik niya sa table ang cellphone niya.

**"Malalaman niya na 'yun ang number ko. Gusto kong isipin niya na n-wrong send lang siya or maling number ang nakuha niya."**

Napayuko ako. **"Pero nasagot ko ang tawag."**

**"Which I don't think is the cause of our problem. Hindi ka naman sumagot di ba?"**

Tumango ako. Tama naman siya. Ako lang naman ang naapektuhan ng pagsagot ko ng tawag pero hindi naman siguro 'yon ang dahilan para puntahan niya si Aries sa school.

Tumayo siya at lumapit sa 'kin. **"Don't be hard on yourself. Oo, marami kang mali but it's my job to guide you as your brother and we both know na recently ko lang nagagampanan ang pagiging Kuya sa 'yo,"** ngumiti siya at inakbayan ako. **"For now, lumabas ka muna dahil kailangan kong mag-review."**

Natawa ako sa huling sinabi niya. Hanggang sa pinto ng kwarto niya nakaakbay siya sa 'kin. Kuwari niya kong tinulak palabas ng kwarto. Ngumiti pa siya ng nakakaasar bago isara ang pinto.

Medyo nahiya nga lang ako dahil pareho lang kami ng year pero siya ang sipag mag-aral at ngayon may pa-review-review pang nalalaman.

*Bakit hindi na lang niya hulaan ang magiging sagot?*

Bumaba na lang ako para alamin ang nangyayari. Nakita ko si Felix na galing ng kusina at may dalang mga plato at utensils. Agad akong sumunod sa kanya palabas ng bahay. Namangha naman ako ng makita kong nakaayos na sila. Meron ng mga lamesa at mga bangko.

"*Hoy, tulungan mo si Eman sa loob.*"

"*Pitsel ng tubig! Wag kalimutan!*"

"*Kulang yata mga bangko.*"

"*Meron pa kaya silang lamesa?*"

Daig pa ang may pahandang birthday sa pag-aasikaso nila. Pumasok sina Calix at Rory sa loob ng bahay matapos akong batiin.

Napatingin ako kay Kuya Angelo na sinasara ang gate pero hindi ang maliit na pinto o pedestrian gate.

**"Better if the gate is close, we don't know what could happen,"** sabi ni Kuya kay David na agad na tumulong sa kanya.

*Grabe sa pag-iingat.*

**"Jay-Jay! Dito ka upo sa tabi ko!"** sabi ni Ci habang tinuturo ang upuan sa tabi niya.

Lumapit naman ako sa kanya at naupo sa tabi niya. Malapad siyang ngumiti sa 'kin.

**"Ano namang naisipan niyo at may paganito kayo?"** tanong ko.

**"Hindi kami. Si Keifer talaga, kaso hindi yata pumayag pinsan mo kaya dito na lang daw,"** paliwanag niya at sumubo ng tinatago niyang cornic sa bulsa.

*Ayun, merong tinatago.*

Sinubukan kong kumuha pero mabilis niyang itinago ang hawak. Napaka-damot talaga nito. Pipilitin ko pa sana kumuha kaso lumayo siya sa 'kin. *Tibay sa kadamutan.*

Napatingin kami sa gate ng may kumalampag. Akala namin meron ng bumangga. Pero mukang si Percy lang pala ang tumama sa gate. Kasunod niya si Keifer at Yuri na tinatawanan siya.

**"Saan ka ba kasi nakatingin?"** tanong ni Yuri.

**"Kasalanan ng gate, nakaharang kasi,"** inis na sagot ng step-brother ko.

*Ay, talaga ba?*

Napatingin ako sa mga dala nila pagpasok. Mukang bumili sila ng pagkain. Parang gustong tumalon ng puso ko.

Agad namang naghiwayan ang mga Ulupong na kasama namin. Pumapalakpak pa ang iba. Pati ako napahiyaw na rin dahil sa tuwa. *Kakain na kami.*

"*Nice! Nice!*"

"*Yes, kainan na!*"

"*Hoy, may niluluto pa si Eman.*"

Kanina pa ko gutom na gutom. Himala na lang ng langit kung bakit nakakatayo pa ko sa kabila ng gutom ko. Kung normal na araw 'to baka gumagapang na ko. Puro tubig lang ako mula paglabas ng ospital, sinubukan ko magpabili kay Kuya bago umuwi pero sa bahay na lang daw ako kumain. Totoo pala ang turo ni Sir, kaya tumagal ng tao ng tubig lang. Buti na lang nakikinig ako sa klase.

Lumapit sila sa lamesa para ibaba ang mga dala. Muntik na ko tumalon at pumalakpak. Kusa akong naglaway kahit hindi pa natatanggal ang mga balot sa dala nila. Kahit plastic kakainin ko dahil sa gutom. Kusang tumunog ang tyan ko, mukang nagwawala ang alaga ko.

Napatingin sa 'kin si Yuri na may hawak ng lechon. Nginitian niya ko ng nakakaasar. Napangiwi naman ako sa kanya. Ngayon lang ba siya nakarinig ng pagtunog ng tyan?

*Alarm yan brad.*

Binaba naman ni Keifer ang limang roasted chicken na mainit-init pa. Mukang kukulangin ang dala niya, sana maraming niluluto si Eman sa kusina. Alam ko nga nando'n din sina Mama at Tita Gema dahil naririnig ko silang nagkukwentuhan.

Sunod naman si Percy hawak ang dalawang malaking plastic bag na may tig-limang 1.5L na softdrinks. Mukang hirap na hirap siya sa pagdala pero nagawa pang mag-flex ng kapogian *daw* niya. Kumindat pa sa 'kin ang lintik kahit tagaktak na siya ng pawis at naglalabasan na ang ugat sa mga braso.

Gusto ko na talaga sumunggab ng pagkain pero nagpigil muna ako dahil dapat sabay-sabay kami. Nakakahiya naman sa kanilang nag-ayos ng handaan na 'to. Agad na tumulong ang mga Ulupong para ayusin ang mga dala-dala nila. Gano'n din si Ci pero mukang iba ang target.

*Ayan na ang batang kumag.*

Dalawang beses niyang kinurutan ng balat sa batok ang lechon at magkasunod na sinubo sa bibig. Sobrang bilis ng kilos niya na kahit si Blaster sa tabi niya hindi siya napigilan. Uulit pa sana siya pero inambaan na siya ng batok ng mga nakakita sa kanya.

*Gago, inunahan ako sa lechon.*

Agad siyang pinaalis nina Mayo dahil baka maubos ang pagkain kahit hindi pa kami nagsisimula. Gusto ko rin sana kumurot kaso baka magalit sila sa 'kin. Mamaya na lang siguro. Nakitanaw-tanaw na lang muna ako habang palunok-lunok ng laway.

**"Hoy, tulungan niyo kami dito!"** sigaw ni Eman mula sa loob ng bahay.

Agad na nagpasukan ang mga Ulupong para tumulong. Sumunod din si Yuri at David dahil mukang marami pa ang kailangang gawin sa loob. Susunod din sana ako kaso baka hindi ako makakurot - *este* baka kumurot na naman si Ci. Kailangan ko magbantay. Mahirap na at umaaligid na naman siya.

*Ang pasaway na batang kumag.*

**"Hoy bansot! Manahimik ka dyan!"** banta ni Percy.

**"Supot,"** mabilis na sagot ng isa.

At syempre nagsimula na silang maghabulan para banatan ang isa't-isa. Sana lang wag sila pumasok sa bahay dahil baka magulo sa loob at magalit si Kuya. Hindi na yata matatapos ang bangayan nila.

**"How are you feeling?"** tanong sa 'kin ng Hari bago maupo sa tabi ko.

*Ayos sa alright. May pagkain na eh.*

**"Medyo okay na. Salamat pala dito,"** sabi ko at ngumiti.

**"Everything for my girl,"** sagot niya at kinuha ang kamay ko para halikan.

*Ayane, tamis! Naghugas ba ko?*

Bigla na lang may padabog na nagbaba ng pitsel sa harap namin. Sabay naming tinignan kung sino 'yon pero mabilis akong napaiwas ng makita ang matalim na tingin ni pinsan kong delubyo. Binaba pa niya ang isang pitsel na may yelo pero hindi naman inaalis ang tingin sa 'min.

**"Umayos kayong dalawa,"** sabi pa niya bago tuluyang umalis sa harap namin.

Nagtinginan kami at tahimik na tumawa. CCTV talaga 'tong si Kuya. Lagi na lang nakikita mga ginagawa ko. Kahit sa school nakabantay siya at malamang na lagi nakasumbong mga alipores niya ro'n. Gano'n talaga, kapag naman siguro adult na ko hindi na siya ganyan sa 'kin.

Napatingin ako sa paligid ng hindi ko na marinig si Ci at Percy. Tinanaw ko sila at nakita kong umabot na sa kalsada ang habulan nila. Dalawa na lang kami ng hari ang naiwan sa garahe dahil lahat ng Ulupong nasa loob at tumutulong.

*Hala, pagkakataon ko na!*

Kanina ko pa pinag-iisipan 'to. Sabi ko pa naman kapag may pagkakataon na sasabihin ko sa kanya ng maayos.

**"Keifer,"** tawag ko sa kanya habang kumukurot siya ng lechon. **"Umayos ka at may sasabihin ako sa 'yo."**

Hinarap niya sa 'kin ang nakuha niyang balat ng lechon habang nakangiti. **"Look, this looks tasty."**

Nanakam naman ako bigla sa hawak niya. Kanina pa ko gutom na gutom. Kakagatin ko na sana ang hawak niya pero nilayo niya.

*Yung balat, ano ba?*

**"You're about to say something?"** tanong niya.

**"Akin na muna 'yan,"** sabi ko at aagawin sana ang hawak niya pero nilayo niya sa 'kin.

Napasibangot ako pero siguro nga sasabihin ko muna ang dapat kong sabihin.

**"Ano kasi. . . Yung bagay na gusto ko sabihin nung mga nakakaraan pa."**

Tumango siya at kinagatan ang balat ng lechon. Napalunok ako.

*Gusto ko rin.*

**"What is it?"** tanong niya.

Nakatitig ako sa hawak niya at muntik pang malimutan ang sasabihin. Napapangiwi ako. Gusto ko na talaga kumain.

Tinitigan ko siya. **"Tayo na."**

**"What?"**

**"Tayo na, kumain na tayo. Gutom na gustom na ko!"**

Gusto kong sampalin ang sarili ko. Malakas-lakas para maalog ang utak ko sa katangahan ko. Hindi naman akong jowang-jowa pero kasi. . . *Nakakainis.*

Natawa naman siya bago iabot sa 'kin ang piraso ng balat ng lechon na nakuha niya. Agad kong kinuha 'yon at kinain. Dinig na dinig ko ang lutong sa loob ng bibig ko. Hindi na tuloy ako makapaghintay pa, gusto ko na kumain. Maiintindihan naman siguro nila kung makalahati ko ang Lechon.

*Pare-pareho naman kaming patay gutom.*

Mabuti na lang at dumating na ang ibang Ulupong na may dalang pagkain. Ang iba naman may dalang panibagong lamesa at mga bangko. Muka ngang hindi kami kakasya dahil sa dami namin at sa mga pagkain na rin.

**"Ito na! Ito na! Kakain na!"** sabi ni Eman at binaba ang food tray na hawak.

Napapalakpak ako habang nakatingin sa mga binababa nilng food tray. Meron spaghetti, baked mac, carbonara, pansit, fried chicken, lasagna at marami pa. Hindi ko tuloy alam kung anong uunahin kong kainin. Binuksan na rin nila ang mga dala nina Keifer kanina.

Nagkanya-kanya na sila ng pwesto. Humabol pa ng kanin si Mama at chitcharong bulaklak si Tita Gema. Napatingin kami kay Kuya Angelo na hatak-hatak si Aries palabas.

**"I need to study,"** reklamo ngkapatid ko.

**"You need a break,"** sagot naman ni Kuya.

Pilit siyang pinaupo sa tabi ko. Napangiti naman ako ng makitang wala siyang magawa. Mukang hindi rin naman issue sa mga Ulupong ang pagsalo sa 'min ng kapatid ko.

*Pwede na kaming magsimula.*

**"Wait, where's Ci-N?"** tanong ni David ng hindi mahagilap ang apo niya.

Tinuro ko ang labas ng gate. Timing naman dahil papasok si Ci-N, kasunod si Mica, Ella at Freya. Malapad ang ngiti ni Percy na nakatingin sa ex niya habang nakasunod sa kanilang lahat. Napangiwi ako.

Nagtinginan kami ni Rory na halatang hindi rin alam ang sasabihin.

**"Baby,"** tawag ni Calix sa girlfriend bago salubungin.

Si Ella naman dumiretso sa tabi ni Aries at binigyan siya ng halik sa pisngi. *Umay.*

Napaiwas na lang ako ng tingin baka kasi makita nila ang reaction ko tapos ikagalit pa nila. Napatingin ako sa platong ibinaba ni Keifer sa harap ko. Siya na rin ang nanguha ng utensils at nagsalin ng tubig sa baso ko.

**"Sabi ko naman online na lang tayo mag-group study."** rinig kong sabi ni Aries kay Ella.

**"Mica is visiting her boyfriend here kaya sumabay na rin ako para makita ka."**

*May L.Q na naman kaya?*

Tatayo na sana si Aries pero pinigilan siya ni Yuri. Napatingin tuloy kami at ang ibang Ulupong sa kanya.

**"Why don't you invite Ella to eat with us?"** tanong pa niya.

*Whut?*

Tinignan ko si Yuri na mukang inosente naman sa pag-aaya niya. Agad kong hinarap si Keifer na mukang naguguluhan din sa inaasta ni Yuri.

**"I mean, Mica will eat here with us so why not join us too."**

Tinignan kami ng mga Ulupong na para bang hinihintay ang permiso namin ni Keifer. Nakakahiya naman kung hindi ako papayag, sa dami ng pagkain na 'yan hindi naman siguro ako mauubusan.

**"I don't think that's a good idea,"** sagot ni Ella.

**"Hindi. Ayos lang. Marami namang pagkain. Pati si Freya paupuin niyo na rin,"** sabi ko na parang labas sa ilong.

Hindi naman ako madamot sa pagkain. *Hindi lang halata.* Hindi lang talaga ako sanay na isama sina Freya at Ella kapag kumpleto ang mga Ulupong. Nakakailang pa rin kasi pero maganda na rin siguro ang ganito, para hindi laging *out of place* sila at hindi lumabas na ayokong mapalapit sila sa mga Ulupong, hindi ko naman sila pagmamay-ari para laging ilayo sa kanila.

*Jay? Is dat yu?*

Bakit parang masyado akong mabait? Hindi yata bagay sa 'kin. Ganito ba epekto ng walang kain at pinalakas lang ng tubig sa buong maghapon? Nakakatakot ah. *Iskeri.*

**"Jay is right. Sit and eat with us,"** sabi ni Keifer at patagilid ko siyang tinignan.

*Parang gusto rin.*

Binalikan ko agad ng tingin si Ella. Hinarap niya ang kapatid ko at nagtitigan sila bago siya tumango. Bakante pa naman ang upuan sa tabi ni Aries kaya do'n na siya naupo. Binaba din niya ang gamit sa tabi nila.

*Ayan, enjoy and lapang.*

Sunod ko namang tinignan si Freya na kasalukuyang iniirap-irapan ang step-brother ko. Hindi kaya siya napapagod?

**"Maupo ka na, sabi naman ni Jay-Jay kumain ka na rin dito,"** sabi ni Percy.

Tinignan ako ni Freya na parang naghihintay ng sasabihin ko.

Pilit akong ngumiti. Tinuro ko ang mga bakanteng upuan. **"Upo ka na."**

Pinagtaasan niya ko ng kilay bago hawiin ang buhok. Agad siyang pinaghatak ng step-brother ko ng bangko pero hindi niya pinansin 'yon. Tinuro niya ang bangkuan sa tabi ni Edrix.

**"Is someone seating there?"** tanong niya.

Sasagot sana ng '*oo*' si Edrix pero inunahan siya ni Rory.

**"Wala, dito ka na maupo,"** sabi pa niya at inayos ang upuan.

Halatang nainis si Edrix. Do'n talaga nakaupo si Rory kanina pero para lang magkatabi sina friend ay ibinigay na lang niya ang pwesto. Lumapit naman si Freya at agad naupo. Bigla na lang naubuhan ang mag Ulupong. Para silang mga na-plema sa lalamunan.

*Halatain ang mga lintik.*

Napatingin ako kay Percy ng titigan niya si Edrix at Freya, tinignan din niya ang mga Ulupong na halatang nang-aasar. Napakagat ako sa ibabang labi ko. Hindi ko pa nga pala nasasabi sa kanya ang ginawa ko at ang tungkol sa panliligaw namin kay Freya para kay Edrix.

**"Pwede na siguro tayong magsimula?"** tanong ko para maiba ang usapan.

Handa na sana silang sumandok ng biglang sumigaw si Ci. **"SANDALI!"**

Natigilan naman kami pero hindi no'n napigilan ang pagkurot ni Percy sa balat ng lechon.

**"Pinapunta ko si Rakki, hintayin natin siya,"** sabi ng batang kumag.

**"Humabol na lang siya, hindi naman siya mauubusan,"** inis na sabi ni Felix.

**"Hintayin na natin!"** parang bata na pakiusap niya.

Napabuntong hininga ako. **"Sige, 5 minutes."**

**"15 minutes."**

**"Masyadong matagal,"** sabi ni Eman na sumusubo na ng Shanghai.

**"10 minutes. Hintayin na natin si Rakki ko!"** nagpapadyak na sabi niya.

*Rakki niya?*

Napa-oo na lang kaming lahat kahit ang totoo, paunti-unti na kaming kumukuha kapag tumatalikod ang batang kumag o kaya naman kapag sumisilip siya sa labas ng gate. Mabuti na lang at hindi kami naghintay ng matagal dahil dumating na si Rakki pero meron siyang kasunod.

*Si Ma'am Cindy at Sir Alvin.*

**"Sinong may birthday?"** tanong ni Rakki at napatingin ako sa dala niyang tray ng fruit salad. **"Sabi ni Ci magdala daw ako."**

Bahagya akong natawa. **"Walang may birthday, kainan lang. Upo ka na."**

Kinuha ni Ci at ang hawak niya at agad siyang pinaupo. Natawa siya ng makita ang mga Ulupong na nagsisimula ng kumain. Magsisimula na sana kami pero napatingin kami kina Sir na nakatayo lang sa may gate.

*Nakakahiya naman kung hindi sila iimbitahin.*

**"Sir! Ma'am Ganda! Kain na!"** aya ni Eren.

Agad silang tumanggi. **"We just want to speak to Angelo."**

Nagtinginan kami ni Keifer bago tignan si Yuri pero abala na siya sa pagsandok ng kanin para sa sarili niya.

*Ayan, lumalabas na pagiging Ulupong.*

**"Kumain na po kayo habang hinihintay siya,"** sabi ko at akmang ikukuha sila ng upuan pero nauna na ang mga Ulupong.

**"Tatawagin ko lang si Kuya,"** sabi ni Aries pero meron ng gumawa no'n para sa kanya na nagpanganga sa 'min.

**"Kuyang masungit! Hanap ka ni Sir Alvin at Ma'am Cindy!"** sigaw ni ng kung sino mula sa pinto.

*Kuyang masungit? Pangarap ba niyang mamatay ngayon?*

Dinig ko ang mahinang pagtawa ni Keifer. Saang kumuha ng lakas ng loob ang isang 'yon? Pati si Sir Alvin natawa rin. Kapag napikon ang pinsan ko, hindi ko alam kung saan siya pupulutin.

Mabuti na lang at hindi 'yon sineryoso ni Kuya, dumiretso lang siya palabas para kausapin ang mag-asawa. Kakapanood ko sa kanila hindi ko namalayan na nagsisimula na pala ang mga kasama kong kumain. Napag-iwanan na ko.

**"Hoy, wag niyo ubusin ang balat ng lechon."** Halos masubsob ako sa pakikipag-agawan.

*Dapat walang iwanan pero ganon sa kainan.*

Gusto ko maiyak. Parang ang tagal ko ng hindi kumain. Tipong 10 years. Pati tyan ko excited din sa pagkain. Namangha talaga ako kasi nakatagal ako. Isa talaga akong matibay na nilalang.

Nakakailang subo na ko ng lumapit sa 'min sina Kuya.

**"Kumain na kayo, dapat sumasabay kayo sa mga students niyo,"** sabi ni Kuya at nanghingi ng plato para sa mag-asawa.

**"Nang-aasar ka ba?"** inis na tanong ni Ma'am Cindy.

**"Para malaman mo ang tunay na lasa ng pagkain,"** seryosong sagot ni Kuya at muntik na siyang sugurin ni Ma'am kundi lang umawat si Sir.

*Ay, grabe tong nagpapanggap na anghel na 'to.*

Mapang-asar na tumawa si Kuya pero nawala 'yon ng makita niya kong kumakain. Nagtitigan pa kami bago tumaas ang isang kilay niya.

**"Kakalabas mo lang sa ospital, bakit puro lechon nasa plato mo?"** tanong niya at nagtawanan ang mga Ulupong. **"Umawat ka na. Tama na yan."**

**"Nagbabawi ako ng lakas."**

**"Lakas saan? Lakas lumandi?"** inis na tanong niya.

Nagtawanan na naman ang mga Ulupong at sumabay pa si Aries sa kanila. Pero hindi siya makakaligtas kay Kuya. Lumipat ang tingin sa kanya kaya nawala ang pagtawa niya.

*Akala mo ako lang ah.*

**"Isa ka pa. Review daw pero puro '*i love you*' ang nasa laptop."**

Napayuko si Ella na nasa tabi ni Aries at napaiwas naman ng tingin ang kapatid ko. Kaya pala nagmamadali akong paalisin. 'Yun pala naman ang gagawin.

*Mahusay kapatid, mahusay.*

Nagtawanan na naman ang mga Ulupong pero nawala ulit ang tawa nila ng magtanong si Kuya.

**"Sino sa inyo tumawag sa 'kin ng masungit?"**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 370

**A/N:** Congratulation and Thank you for applying on Tambayan ni Eatmore2behappy Facebook Page!!

Sophia Masing
Gella Mae Ovensa
Athalia M. Malinao
Cassandra Ehra Espina
Cecil Garcia
Clindie Maurizza Espiritu

We appreaciate your effort for joining and giving us a support to our events!!

Rheinalyn Cabrillas Fernandez
Jersel Ayen Empon

## Dinner Party Pt.2

***Jay-Jay's POV***

**"Sayaw Blaster! Sayaw Blaster! Sayaw Blaster!"** sabay-sabay na sigaw namin habang pumapalakpak.

Wala siyang nagawa kundi ang tumayo at simulang sumayaw. Pinagyabang na naman niya ang matigas niyang balakang. Nagawa pa niyang mag-twerk sa harap ni Sir Alvin at Ma'am Cindy. Pati sina Mama at Tita Gema na nakasilip sa pinto natawa ng malakas sa ginagawa niya.

*Muka siyang kulang sa Eskilan.*

**"Paano ka mag-aartista niyan? Matigas pa sa mahogani balakang mo!"** sabi ni Drew habang napapailing.

Huminto si Blas dahil sa malakas naming tawanan. Hinarap naman niya si Drew para sagutin.

**"Malamang singing ang talent ko!"**

**"Pasasayawin ka rin syempre, dapat lahat ng talent meron ka. Paano ka sisikat?"** sagot naman ni Felix sa kanya.

Seryoso pala talaga siya sa balak niyang pag-aartista? Akala ko nung una eme-eme lang niya 'yon lalo na nung sinabi niyang composer siya ng kanta. Tapos nung kumanta kalokohan naman ang ginawa.

*Wala eh, ulupong.*

Pero ang angas siguro no'n kung sisikat siya. Meron akong ipagyayabang sa ibang tao, '*naging kaklase ko 'yang tukmol na 'yan*'. Tuwing makikita ko siya sa T.V. paulit-ulit kong isisigaw na kaibigan ko siya. Naniniwala naman akong maraming hahanga sa kanya, itsura pa lang panlaban na. *Sa fiestahan at handaan.*

Kapag yumaman siya sa kanya naman ako papalibre at ng mabawi-bawi ko ang mga pagkain inumit niya sa 'kin. Manghihingi rin ako libreng ticket sa movie or concert niya, kung magkakaroon siya. Basta hindi malalaswa ang palabas, hindi ako papayagan ni Kuya manood ng gano'n. Pero kung adult na ko pwede na siguro, basta hindi niya malalaman. *Hehe.* Kayalang nakakailang yatang panoorin ang kaibigan mo na gano'n ang ginagawa sa screen.

Kinilabutan ako bigla sa naisip ko. *Wag na lang pala.*

Malakas naman dating ni Blaster sa babae kaya malamang na marami ang magkagusto sa kanya. Sa school lang ang daming humahabol sa kanya tapos binabato siya ng notebook o kaya ng sapatos habang minumura siya. 'Di ba ang bilis siyang mahalin ng mga schoolmate namin?

*Aabangan ko talaga pagsikat niya.*

Napatingin kami kay Denzel ng itaas niya ang cellphone niya.

**"Si Grace ba 'yan?"** tanong ni Rakki at ibinaba ang hawak na plato para lang makawayan si Grace.

**"Say '*hi*' to baby Grazel!"** sabi ni Denzel at nagkagulo kami para lang makita sa screen ang muka ng Baby.

**"Hello inaanak!"** sigaw ko habang kumakaway.

Nakibati-bati rin ang mga Ulupong at sa sobrang excited nilang makita ang bata pinag-agawan pa nila ang cellphone.

**"Hoy, phone ko!"** sigaw ni Denzel pero walang pumansin sa kanya.

"*Grazel! Andito ang gwapo mong Ninong!*"

"*Dito naman! Patingin kami!*"

"*Baby Grazel! Next time kami naman ang pupunta sa 'yo!*"

"*Ci-N! Wag mo harangan buong screen!*"

"*Hoy, pakita natin si Grazel kina Sir!*"

Pagkasabi no'n agad silang naglapitan kina Sir dala ang cellphone. Tinanggap naman nila 'yon at tinignan ang bata. Lumipat pa ang mga Ulupong sa likod nila Ma'am para makita pa rin ang nasa phone.

**"Ang cute na bata,"** sabi ni Ma'am at kita ko ang malapad na ngiti niya.

Halatang natuwa siya dahil inagaw niya pa ang phone sa kamay ni Sir. Sumunod naman ang mga Ulupong para ulit tignan ang nasa screen ng phone. Daig pa naman nagbabantay sa tindahan.

**"Hello baby,"** bati pa niya kay Grazel.

Napatingin si Ma'am kay Sir Alvin at bigla na lang nagbago expression ng muka niya. Binalik niya ang phone sa mga Ulupong na pinagpatuloy naman ang pakikipag-usap sa baby. Wala naman akong napansing mali sa itsura ni Sir, maliban do'n sa malalim na pagtitig niya sa asawa.

*Bakit kaya?*

**"Are you done eating?"** tanong sa 'kin ni Keifer.

Tumango ako. Sa unang pagkakataon hindi ako tumagal sa kainan. Sumama ang tama ng tyan ko at para akong masusuka na naman pero tingin ko naimpatso ako.

**"Okay na ko. Hindi ko na kaya,"** sagot ko pa.

**"Tama si Kuya, hindi ka pa pwede ng maraming pagkain. Kaso pinairal mo katawan mo,"** sermon ni Aries kaya inirapan ko siya.

Hindi ako matutunawan sa sermon niya. Basahan na lang niya ko ng kapalaran at bigyan ng sulusyon ang sakit ng tyan baka masiyahan pa ko.

*Itong Horoscope na 'to, kainis.*

**"Maybe a hot tea will help you,"** sabi ni Yuri at tumayo. **"Igagawa kita."**

**"Wag . . . "** halos pabulong kong pigil sa kanya. **"Ayoko no'n mapait."**

Bahagya siyang natawa. **"I'll find a way to lessen the bitterness."** Tumalikod na siya at pumasok sa loob ng bahay.

Napayuko ako habang hawak ang tyan ko. Mali nga yatang lechon agad ang nilantakan ko. Pakiramdam ko ayaw na umandar ng panunaw ko. Sobrang bigat din ng tyan ko at parang punong-puno ng hangin. Hindi rin yata nakabuti ang pag-inom ko ng softdrinks.

*Kailan pa ko humina ng ganito sa kainan? HINDI AKO 'TO!*

**"Hey, don't lean like that,"** sabi ng Hari ng mga Ulupong at bahagya akong hinila para makalapit sa kanya.

Muntik ko na siyang matulak buti na lang at naintindihan ko ang balak niya. Gusto niya kong sumandig sa kanya. Baka andito kami sa teritoryo ni

Kuya.

Pero kusa na rin akong sumunod dahil sa panlalambot. Sinandal ko ang ulo ko sa balikat niya habang nakaakbay naman siya sa 'kin. Wag lang sana kami mahuli ng pinsan ko baka bumalik na naman ako sa ospital.

Parusa sa 'kin tong pagkaka-ospital ko na 'to dahil sa glue. Hindi ako makakakain ng maayos. Meron pa kong mga hindi natitikman. Sayang 'yon. Kawawa naman ang mga Ulupong, wala silang katulong sa pag-ubos ng pagkain.

Pasimple akong napatingin kay Ella at Aries. Meron kasi silang pinag-uusapan na hindi ko maintindihan. Hawak pa ni Ella ang kamay ng kapatid ko.

**"Tumawag ba siya ulit sa 'yo?"**

**"He did. Pero hindi ko sinagot,"**

Pakiramdam ko kilala ko ang pinag-uusapan nila. Hindi ko tuloy mapigilang makinig sa kanila.

*Umaandar na naman pagiging tsismosa ko.*

**"Maybe you should get a restraining order against your father,"** sabi ni Ella at parang may kumurot sa puso ko.

*Sabi ko na kilala ko eh.*

**"I doubt that it will be granted since he's not doing anything to harm us."**

**"Ang Kuya mo ba, tingin mo hindi ka matutulungan?"**

**"I know he can help me. Siguro mamaya kakausapin ko siya."**

Pinikit ko ang mga mata ko. Gusto ko na ring matulog pero mas gusto kong alisin ang nasa isip ko. Kapag naalala ko 'yung araw na dinala ko sa bahay ang totoong Tatay niya parang gusto kong sampalin ang sarili ko. Maling-mali ang ginawa ko na 'yon.

Mukang lalong nagpupumilit ang Tatay niya ngayon. Nagkaroon na kasi siya ng pagkakataon kaya ngayon mukang balak niyang ulit-ulitin hanggang sa makuha niya ang kapatawaran na gusto niya. *Hayst*. Dapat kasi talaga nagtanong muna ako bago basta-basta kumilos.

*Kailan ba ko nadala?*

Napadilat ako ng marinig ko ang mga Ulupong na magpaalam na kay Baby Grazel. Inagaw ni Denzel ang phone niya kay Ci na siyang may huling hawak.

**"Ang dudumi ng kamay!"** inis na sabi niya habang pinupunasan ang screen ng phone.

**"Kamay ni Ci 'yon! Kumain ng manok hindi man lang nilinis ang kamay!"** sumbong ni Rory.

**"Kadiri!"** pang-aasar ni Calix na agad namang sinundan ng ibang Ulupong.

Kupal nitong mga 'to. Mga balasubas din naman magsikain. Nagkakalimutan na nga minsan kung saan hinawak ang kamay kapag merong kaharap na malalalamon. Minsan nga nasa bibig na ng kaharap kukuhanin pa rin. Hindi ko sasabihing nakita kong ginawa 'yon ni Rory sa pagkain ni Edrix dati at gano'n din si Mayo sa pagkain ni Kit.

*Kuwari pa mga Ulupong na 'to.*

**"Here Jay."** dinig kong sabi ni Yuri at binaba niya sa harap ko ang tasa ng mainit na tsaa.

*Amoy bagong tabas na damo.*

Nilapit sa 'kin ng Hari ng mga Ulupong 'yon kaya napa-upo ako diretso. Ayoko sana tanggapin kaso sayang naman ang effort ni Yuri na kasalukuyang hinihintay ang magiging reaksyon ko. Dalawang kamay ang gamit ko para hawakan ang tasa.

Baka naman luminis pati kaibuturan ng bituka ko nito. Nakakatakot baka mawala ang mga taba ko, ang tagal ko pa namang inipon 'to. Kailangan ko 'yan para protektahan ang kaseksihan ko baka magasgas. Mahalaga rin ang taba sa buhay.

Mahina kong hinipan ang tsaa sa tasa bago unti-unting inumin 'yon. Dahil mainit halos isang higop lang ang nagawa ko. Mapait pero hindi kagaya ng mga nabibiling tsaa sa tindihan. Humigop pa ulit ako bago napansin na hindi nga ganon kapait. Nakakayanan ko naman ang lasa kumpara sa mga nainom ko dati.

*Ganito kaya nalalasahan ng kambing at kalabaw kapag nakain ng damo?*

**"Ayos naman, hindi gano'n kapait. Salamat dito,"** sabi ko kay Yuri at ngumiti naman siya.

**"I put some honey para mabawasan ang pait,"** sagot niya sa 'kin bago maupo ulit.

Kusa akong napatingin kay Percy dahil sa salitang honey. Basta na lang sinalpak ang shanghai sa bibig. Parang may halong inis ang bawat panguya niya.

Hindi ko alam kung naiinis ba siya dahil na rin ang salitang honey o dahil abala si Freya sa pakiki-pagkwentuhan sa mga Ulupong. Kung sino man 'yon maganda na rin sigurong kausapin ko siya tungkol sa dalawa. Hindi pa rin niya alam na may something-something na si Kuya at Honey, na hindi naman seryoso syempre pero maganda na rin na sabihin. At syempre ang ginagawa naming panliligaw kay Freya para kay Edrix.

*Sana lang maayos kong mapaliwanag sa kanya.*

Sunod ko namang tinignan si Freya at Edrix. Pasimple akong napangiti ng mapansin kong parang kumportableng magkwento si Edrix sa kanya *Friend*. Kanina lang halos hindi niya kibuin ang katabi pero mukang hindi rin siya makatiis lalo na ng magtanong si Freya sa kanya.

**"Who are you staring at?"** tanong ng Hari sa 'kin bago kumuha ng chitcharon at kainin.

**"Wag ka maingay. Meron ako inoobserbahan,"** pabulong kong sagot sa kanya.

Bahagya niyang nilingon ang tinitignan ko. Mukang nahagip naman ng paningin niya ang parehong taong tinitignan ko. Humarap ulit siya sa 'kin at bahagyang lumapit para bumulong.

**"Do you think there's a progress?"** tanong niya at ngumiti naman ako bago tumango.

Para akong bata na pasimpleng humagikgik sa kanya. Pati naman siya nakitawa rin.

*Gago, bakit ako kinikilig sa lovelife ng iba?*

**"You think right?"** pag-uulit pa niya at tumango ulit ako. **"Yeah, cause if there's progress there's also a chance that your brother and step-brother will kill him."**

*Tarantado.*

Nawala ang ngiti ko. Muntik ko ng hindi maintindihan ang sinasabi niya. Pero ang laki ng point niya, sapul na sapul. Magagalit nga naman ang step-brother ko pero bakit pati si Aries? Ano namang paki ng kapatid kong nanghuhula ng kapalaran sa buhay pag-ibig ni Freya? Aware akong bff sila pero hindi naman nila control ang buhay ng isa't-isa. Unless na lang merong hula na hindi maganda ang kapatid ko.

**"Bakit pati si Aries nadamay? Si Percy naiintindihan ko pa pero si Aries, mag-bff lang sila."**

Mas lumapit pa siya sa 'kin para maibulong ng maayos ang sasabihin.

**"Just like you, your brother is also staring at them. Masama na ang tingin niya kay Edrix,"** paliwanag niya.

Uminom ako sa tasang hawak ko at pasimpleng lumingon sa kapatid ko at sa jowa niyang hilaw. Nakayuko si Ella at abala sa binabasa niyang notes. Ang kapatid ko naman pasimpleng nakatingin kina Freya habang kuwaring nakikibasa rin ng notes.

*Awit, kapag nahuli 'to malamang away.*

Humarap ulit ako kay Keifer at bumulong.

**"Bakit ganyan makatingin 'yan? Parang ang laki ng galit kay Edrix."**

Bahagyang tumawa ang Hari. **"Told yah."**

Gusto kong matawa o kaya man mainis. Nagkakasundo talaga kami nitong si Kwanan pagdating sa tsismisan na may kinalaman sa kapatid ko at mga ex-jowa niya. *Galing, husay mo dyan.*

Pero mas gusto kong mamangha. Hindi naman kasi siya dating ganyan. Nagagalit pa nga siya sa 'kin kapag nakikialam ako sa issue ng may issue. Pero ngayon sinasabayan na niya ko sa mga kalokohan ko.

*Hala! Nahawa na siya ng pagiging tsismosa sa 'kin.*

Nakakahiya. Mark Keifer Watson na tagapag-mana ng mga Watson, Hari ng mga Ulong at ginagalang na president ng Section E naging tsismoso na dahil sa 'kin. Masamang ihemplo pala ako.

Napatingin ako sa gate ng bumukas 'yon at pumasok si Kuya habang merong dalang paper bag.

**"Let's have a drink,"** sabi niya habang nakatingin kina Sir Alvin at Ma'am Cindy at winawagayway ang paper bag sa harap niya. Dinig na dinig ang pagtama ng mga bote dahil sa ginawa niya.

Alak siguro ang laman ng paper bag. Kaya pala lumabas siya para bumili no'n. Akala ko naman importante dahil iniwan niya ang mga bisita niya ng gano'n-gano'n na lang.

Biglang naghiyawan ang mga Ulupong habang nagpapalakpakan. Daig pa nila nag-cheer sa isang laban o sa isang artista.

"*Yes, inuman!*"

"*Ikaw ay tunay na anghel!*"

"*Napakabait mo, Kuya!*"

**"Nope! None of you will drink alcohol under my roof!"** sagot ni Kuya Angelo sa kanila at mabilis na napalitan ng '*ay*' ang hiyawan na may kasamang palakpakan.

Merong umatungal na parang bata. Meron pang nagdabog-dabog kuwari habang napapapadyak sa sahig. Natawa lang sina Sir sa mga reaksyon nila.

Sanay na sanay na talaga siya sa 'min.

**"Most of you are minors. No alcohols for you,"** dagdag pa ng pinsan ko.

**"Wala na, sad na ko,"** sabi ni Eren at sumibangot.

Nagpahanda ng maliit na lamesa si Kuya at mga baso para sa kanila.

**"Hindi niyo pa nga sinasagot kung sino tumawag ng masungit sa 'kin."**

Nauwi sa turuan ang mga Ulupong. Wala namang makapagbigay ng maayos na sagot dahil iba-iba sila ng tinuturo pero karamihan kay Ci ang bintang. Agad namang nagreklamo ang batang kumag at tumakbo kay Rakki na abala naman sa pakikipag-usap kay Mica.

**"Rakkkkkiii . . . Kita mo 'yan, inaapi nila ko,"** sumbong pa niya na parang nagsusumbong sa Nanay.

Natawa si Mica. Napakamot lang sa ulo si Rakki habang nakasibangot.

**"Kaya mo na 'yan, malaki ka na,"** sagot niya at nagtawanan naman ang mga Ulupong.

Pati kaming nanonood lang sa kanila nakitawa rin. Lalo namang tinopak ang batang kumag.

Halos wala ng natira sa mga pagkain namin. Sinubukan pa magpalabas ng pagkain ni Tita Gema pero pinigilan na siya ni David. Ginabi na rin masyado ang mga Ulupong at mga jowabels nila or future jowabels baka abutin na kami madaling araw kung magpapalabas pa ng pagkain. Hindi pa naman marunong umawat ang mga 'to.

*Parang ako. hehe*

Napatingin ako kay Aries at Ella ng tumayo sila.

**"Saan punta?"** tanong ko.

**"Kailangan ng umuwi ni Ella. Ihahatid ko na siya,"** sagot ng kapatid ko.

Lumapit sila kay Kuya Angelo para magpaalam. Sinubukan pa ni Ella na ayain si Mica at Freya pero nagpaiwan na sila.

Hindi talaga sila sasama dahil mukang nag-eenjoy pa sila. Lalo na si Freya na napapangiti sa mga kinu-kwento ni Edrix. *Hehe maganda 'yan.*

**"Sa bahay ang hatid ah? Wag sa biglang liko,"** bilin pa ni Kuya pagtalikod ng mag-jowa.

Bahagyang natawa si Ella pero mukang nainis naman ang kapatid ko.

*Eh? Ano 'yon?*

Mabilis kong hinarap si Keifer. **"Ano 'yong biglang liko?"**

Muntik na mabuga ni Yuri ang iniinom ng marinig ang tanong ko. Napanganga naman ang Hari ng mga Ulupong sa 'kin. Tapos biglang tawa ng malakas si Percy.

Pabalik-balik ko naman silang tinignan. **"Bakit? Ano ba 'yon?"**

Bahagyang umubo si Keifer. **"It's a place . . . where . . . things happened,"** paliwanag niya pero wala akong naintindihan.

**"Tanong mo na lang kay Boss,"** sabi ni Percy at tumingin kay Kuya Angelo.

Lumingon din kami pero sa halip na sumagot tinuro niya si Sir Alvin. **"Ito ang teacher mo, siya ang tanungin mo."**

Mabilis na umiling si Sir Alvin at nagtawanan naman ang mga Ulupong na nakikinig din pala sa 'min.

**"Ito si Eren ang tanungin mo, alam na alam niya 'yan,"** sabi ni Kit at halos mabali ang leeg ni Eren sa pagtanggi.

**"Gago, hindi pa ko umaabot do'n,"** sabi pa niya.

**"Ito si Rory, suki sa ganyan!"** sigaw ni Edrix at bahagyang natawa si Freya.

*Oy, oy, oy. Malayo-layo na ba ang progress.*

**"Hoy, ang kapal ng muka mo!"** inis na sagot ni Rory.

**"Di ba minor pa ang karamihan sa inyo? How come you know those things?"** tanong ni Kuya at tumahimik naman ang mga Ulupong.

Kanya-kanya na naman sila ng iwas. Meron pang nagsalpak ng maraming shanghai sa bibig.

**"Ano 'yung biglang liko? Pwede ba nating puntahan 'yon?"** tanong ni Ci-N.

Gusto ko ring malaman at puntahan. Mukang alam na alam nng mga luko kung ano ang '*biglang liko*'. Hindi ko tuloy maiwasang lalong ma-curious.

**"Ano ba kasi 'yon?"** tanong ko.

**"Do'n nabuo si Baby Grazel!"** sigaw ni Drew at agad siyang nakakuha ng batok mula kay Denzel.

*Huh? Parang lalo akong naguluhan.*

**"It's a motorist hotel or cheap hotel,"** sagot ni Dabid na mukang nainip na kaya siya na ang sumagot. **"Easy check-in and cost cheaply for travelers that need to stay for a night but somehow become famous for couples that want to do . . . things."**

Napanga-nga na lang kami sa kanya. Para siyang dictionary sumagot. Pero naintindihan ko naman at malinaw naman sa 'kin na '*ang biglang liko*' ay para pala sa motel. Kaya pala gano'n ang sabi ni Kuya kay Aries.

*Akala ko pasyalan. Tapos ginusto ko pang puntahan.*

**"Maganda ba do'n? Puntahan natin Rakki,"** inosenteng aya ni Ci na nagpasamid kay Rakki at nagpatawa naman ng malakas sa 'ming lahat.

**"Sira-ulo ka ba?"** sagot naman niya kay Ci.

Nauwi sa asaran ang usapan. Inabot pa yata kami ng panibagong dalawang oras sa pagk-kwentuhan at pag-aasaran. Naubos na ang pagkain. Hindi rin nagtagal ang kapatid ko sa paghatid sa jowa niya, nakabalik din siya agad dahil na rin siguro ayaw niyang mag-isip kami na may iba silang ginawa.

Nagsimula ng magligpit ang mga Ulupong. Ako naman nakaupo lang sa sulok at umiinom ng tubig gamit ang dalawang kamay. Si Rakki, Mica at Freya tutulong din sana kaso hindi sila pinayagan ng mga luko kaya tumabi na lang sila sa 'kin.

**"Nag-enjoy kayo?"** tanong ko sa kanila.

**"Nag-enjoy ako, salamat sa pahanda,"** sabi ni Mica at ngumiti.

**"Same, akala ko talaga pa-birthday na. Lukong Ci-N,"** sagot ni Rakki at bahagya kaming tumawa.

Hindi sumagot si Freya kaya tinitigan namin siya. Abala siya sa paglalagay ng face powder sa muka. Pansin ko lang parang may nagbago sa make up niya. Dati kasi makulay talaga ang nilalagay niyang make-up, minsan nga violet pa ang nasa talukap ng mga mata niya kaya nga tinawag ko siyang '*coloring book*' dati. Ngayon meron pa rin siyang nilalagay pero hindi na gano'n kakulay. Dark lang ng kaunti sa skin color niya.

*Gano'n pa rin naman siya sa paningin ko pero iba talaga dating sa 'kin.*

**"Nag-enjoy ka naman, Freya?"** tanong ko pero bago pa man siya sumagot dinugtungan ko kagad ang sinabi ko. **"--kausap si Edrix?"**

Tumigil siya sa ginagawa at tinignan ako. Pinandilatan niya kami ng mga mata bago umirap.

**"Maayos siya kausap hindi kagaya ng ibang Section E. Siya lang yata ang matino,"** sabi nya at nilabas ang brush mula sa isang pouch.

**"Bakit ba naglalagay ka pa niyan, eh pauwi na tayo?"** tanong ni Rakki at sinubukang tignan ang mga nasa pouch pero hinampas ni Freya ang kamay niya.

**"Wag mo galawin 'yan,"**

**"Hayaan mo na siya, baka kailangan maganda siya kapag nagpaalam na kay Edrix,"** simpleng pang-aasar ni Mica at nagsimula naman kaming magtawanan.

Wala siyang naging sagot at nagpanggap lang na kailangan niyang tapusin ang pagm-make-up. Hinayaan na lang namin siya at pasimpleng inaasar lalo kapag sumusulyap si Edrix sa kanya.

*Shuta! Kayo na sana ang ending.*

Natapos na silang mag-ayos. Nagpasalamat ang mga Ulupong kina Tita at Mama, pati na rin kay Kuya Angelo. Kanina pa pumasok sa bahay si Aries at mukang tulog na si Tito Julz. Hinatid ko na lang ang mga kaklase ko sa gate dahil abala pa ang pinsan ko sa pakikipag-inuman kina Sir Alvin at Ma'am Cindy. Naiwan naman si Yuri dahil sasabay siya sa mag-asawa umuwi. Do'n siya tumutuloy kaya mas magandang sabay-sabay na sila.

Nag-kanya-kanya ng turo sa kung sino-sino ang ihahatid. Si Ci-N at David, ihahatid si Rakki. Wala namang sasakyan ang batang kumag kaya nagpatulong siya sa Lolo niya. Si Mica naman ang ihahatid ni Calix pero magt-taxi lng daw sila. Ang iba naman kanya-kanya na ng uwi.

**"Ako na ang maghahatid sa 'yo,"** sabi ni Percy kay Freya pero hindi siya pinansin ng inaaya niya.

**"Ihahatid ka daw ni Edrix,"** sabi ni Rory kay Freya nakinagulat ni Edrix.

Halatang hinihintay ni Freya ang isasagot niya pero nalito siya sa sasabihin.

*Umoo ka na lang.*

**"Paano? Wala naman siyang sasakyan, maglalakad kayo?"** tanong ng step-brother ko.

Hindi ko maiwasang mayabangan sa tono niya. Bakas din ang pagiging seryoso niya kaya medyo nabahala ako.

Napaiwas ng tingin si Edrix. **"Sa kanya ka na lang siguro magpahatid. Maglalakad lang kami ni Rory."**

Halatang nagtaka si Rory. **"Gago, may pangtaxi tayo. Gusto mo upahan pa natin isang buong jeep,"** apila niya pero hinatak lang siya ni Edrix paalis.

Naiwan si Freya na halatang naiinis. Hinarap niya si Percy at malapad namang ngumiti ang step-brother ko bago buksan ang pinto ng kotse niya.

**"Someone is about to start a fight,"** bulong ng Hari ng mga Ulupong sa 'kin habang nakatingin sa dalawa.

*Halata nga.*

Pinanood naman naming umalis ang mga sasakyan nila. Kumaway pa sa 'kin ang batang kumag mula sa kotse ni David. Pati ang Lolo niya ngumiti at kumaway din at gano'n na rin ang ginawa ni Rakki.

Naglakad ang mga Ulupong na walang dalang sasakyan. Kumaway pa ang iba sa 'min.

Hinarap ko naman si Kwanan na nakatingin na pala sa 'kin.

**"Bakit?"** tanong ko.

**"Saving your smile in my memory so I won't miss you when we separate for tonight,"** sagot niya at napangiwi ako.

**"Keifer, mahabaging langit may bukas pa."**

Bigla siyang natawa. **"You sound old."**

**"Para ka naman kasing ewan dyan, magkikita pa naman tayo."**

**"Mabilis kitang mamimiss. Kung pwede nga lang iuuwi na kita para hindi na tayo maghiwalay ng landas."**

Gago, ganito ba 'yung sinasabi nilang paro-paro sa tyan? Pero malamang halimaw 'tong nasa tyan ko. Pasimple kong kinagat ang labi ko para maalis ang nararamdaman ko.

*Ang haba naman ng buhok ko. Tamad nga lang ako mag-shampoo.*

**"Umuwi ka na,"** utos ko sabay tulak sa kanya.

**"You won't miss me?"** tanong niya na parang nasaktan pa.

Tumingin ako sa likod ko kung nasan sila Kuya. Medyo malayo naman sila kaya malamang na hindi nila naririnig ang pinag-uusapan namin.

Lumapit ako sa Hari ng mga Ulupong at bumulong. **"Mami-miss din syempre."**

**"Then, can I kiss you?"**

Umiling ako sa kanya at pasimpleng tinuro ang mga tao sa loob. **"Gusto mong mahuli tayo?"**

**"Just a quick kiss,"** pagpipilit niya.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Sinilip ko ulit sina Kuya at ng mapansin kong hindi sila nakatingin ngumuso ako palapit kay Kwanan. Ganon din ang ginawa niya sa 'kin.

Ang masakit nga lang hindi pa nagtatagpo ang mga nguso namin ng merong kamay na humarang sa mga muka namin.

*Lagot! Babalik na ba ko ospital?*

**"Sinasabi ko na! Pasok sa loob!"** sigaw sa 'kin ni Kuya Angelo at napatakbo naman ako sa loob ng bahay. **"At ikaw, umuwi ka na!"** dinig ko pang sigaw niya.

Dumiretso ako sa kwarto at patalong bumagsak sa kama. Napagod ako pero nasiyahan naman. Gusto ko talaga 'yung mga ganitong kumpleto kami. Sayang wala si Baby Grazel at Grace pero baka sa susunod pwede na sila sumama.

*Sa susunod ulit na handaan.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 371

**A/N:** Hello Kwin Francine. haha

**To study**

***Jay-Jay's POV***

Exam na? Agad-agad? Hindi pwedeng mga next-next year pa? Bakit agad-agad?

Ang kinatutuwa ko lang yata sa exam na 'to ay ang pagpayag ni Kuya na hindi ako pumasok ngayon araw. Sabi niya ipahinga ko na raw dahil kakalabas ko lang ng ospital tapos na-impatso pa ko kahapon dahil sa kagustuhan kong makabawi ng lakas sa pagkain ng lechon.

*Pero kinukutuban ako sa hindi ko maintindihan na dahilan.*

**"Bye Aries, ingat ah?"** sabi ni Tita Gema habang kinakawayan si Aries na papaalis sakay ng kotse niya...*na bigay ng pudra ko.*

**"Bakit hindi ka pinapasok ng Kuya mo?"** tanong ni Mama ng makita niya ko.

Napalingon din sa 'kin si Tita Gema.

**"Ipahinga ko na lang daw."**

Parang hindi tanggap ni Mama ang sagot ko pero wala naman siyang ibang masabi dahil kagaya nga ng sinabi ko, si Kuya Angelo na ang nag-utos no'n. Hindi ko naman request 'yon.

**"Ayos 'yan, para mahaba ang pahinga niya. Weekend bukas tapos next week start na ng exam nila,"** sabi ni Tita at ngumiti sa 'kin.

Tinanggap na lang ni Mama ang sinabi ng kapatid niya. Hinarap niya ko at tinanguan.

**"Sige, sulitin mo ang pahinga mo. Mag-review ka na rin."**

Sorry pero hindi nagre-review ang mga genius na kagaya ko. *Charot*. Wala talaga akong maayos na notes na pwedeng gamitin para mag-review. 'Yung mga binibigay na printed lesson naman ni Sir hindi ko na alam kung saan ko nilagay, naitapon ko na rin yata ang iba.

*Bakit ba napakabuti kong istudyante?*

Tinalikuran na ko ni Mama kaya dumiretso na ko sa kwarto ko. Balak ko matulog ulit o kaya naman maglaro sa cellphone. Pero inuna kong magpadala ng message sa mga Ulupong.

***Ulupong GC***

**Me:**

h3nD! m3 pW@S0c. sAb3h KhUyah p@H!nGa mUna m3.

(Hindi me pasok. Sabi ni Kuya pahinga muna me)

**Mayo:** *Ang putangina! Wala akong maintindihan!*

**Rory:** *Aga mo naman magpasakit ng ulo, ano ba yan Jay?*

**Ci-N:** *Calls na lang tayo, please. T_T*

**Edrix:** *Kung kailangan m ng tulong sa phone Jay, andito lang ako.*

**Eren:** *Mata ang may sira dyan, hindi cellphone. Kita mong hindi makapag-type ng maayos, hindi makita yung mga letra.*

Umulang ng '*Haha*' react ang chat ni Eren. '*Angry*' naman ang react ko. Maayos ang message ko. Sila ang may sira sa mga mata. Pero kahit ganyan sila tanggap ko naman sila bilang mga kaibigan. Sadyang hindi lang talaga kami same level ng mga talino.

*Normal 'yon.*

Natigilan ako ng mag-ring ang phone ko. Tumatawag ang Hari ng mga Ulupong. Naghintay ako ng ilang ring bago sagutin. Ayoko namang isipin niyang excited akong sagutin ang tawag niya. Mga 0.1 second bago ko pindutin 'yung green button.

**"*Is there something wrong? Bakit hindi ka niya pinapasok ng school?*"** bungad niya sa 'kin.

Pasimple akong napangiti. Siya lang talaga nakakabasa ng message ko ng maayos. Masasabi kong same kami ng level ng talino. Wag lang talaga ako malilingat kapag nagtuturo mga teacher, bigla kasing lumilihis ang lesson tapos hindi ko na nasusundan.

**"Wala naman. Pinagpapahinga lang talaga ako ni Kuya,"** sagot ko.

**"*Are you sure? Wala naman siyang sinabing iba?*"** tanong niya na nagpakunot ng noo ko.

**"Wala nman. Meron ba dapat siyang ibang dapat sabihin?"**

**"*I don't know. Nakakapanibago kasi.*"**

Napaisip ako. Hindi naman ito ang unang beses na hinayaan ako ni Kuya na hindi muna pumasok. Pero sa totoo lang hindi ko maiwasang kutuban na rin at mas lalong lumalim ang kutob ko dahil dito kay kwanan.

**"Wala naman siguro. Sasabihin ko naman agad sa 'yo kung meron."**

**"*Okay, that's a relief. Let me know if anything happens. Magpahinga ka na.*"** sabi niya at randam ko ang pagngiti niya.

Pati ako napangiti na rin. **"Oo, balitaan mo rin ako kung may ganap sa school."**

**"*Message me if you want or need anything.*"**

**"Pagkain lang gusto ko. Meron naman dito."**

**"*How about me? You don't want me?*"**

Napangiwi ako. Alam kong nang-aasar lang siya. Ibang klase talaga bumitaw ng banat ang kumag na 'to.

*Hari talaga ng mga Ulupong.*

**"Pagkain lang,"** sagot ko at humagalpak siya ng tawa.

**"*Later, I will send food.*"**

Ayan, ayan ang banat na kakagatin ko. Kahit korni pa 'yan, paulit-ulit akong kikiligin. Ganyan dapat ang mga pick up line. Ganyan ang mga linyahan na nakaka-fall talaga.

**"Abangan ko 'yan, bye."**

**"*I love you - ,*"** pahabol niya bago ko tuluyang patayin ang tawag.

*May pahabol pa talaga.*

Pabato kong binitawan sa kama ang cellphone. Paglingon ko sa pinto napatalon ako sa gulat. Nakatayo si Kuya Angelo at seryosong nakatingin sa 'kin. Akala ko multo siya na naisipang tumambay sa pinto ng kwarto ko. Hindi pa naman ako madasalin na tao pero kung nagkataon baka lahat ng santo matawag ko.

*Grabe manakot.*

**"B-Bakit?"** tanong ko.

**"Dalhin m lahat ng notes mo, ako magr-review sa 'yo,"** sabi niya at tinalikuran ako.

*Notes? Review?*

Napaatras ako kasunod ng paghawak sa dibdib ko. Kusa ding nanlambot ang mga tuhod ko kaya napaupo ako sa sahig. Ngayon ko masasabi na katapusan ko na. Dito na matatapos ang kwento ko. Ito na ang ending na hinihintay ng lahat. Dito na matatapos si Jasper Jean.

Dapat na siguro akong magpadala ng huling mensahe sa mga Ulupong. Dapat ko na ring sigurong sabihin sa Hari nila na matagal ko na siyang sinasagot kaso bingi ang putrages at laging merong abala. Ibibilin ko na rin siguro ang mga maiiwan ko. Wala naman akong pera kaya karamihan sa maiiwan ko ay basura.

Napakasakit, sa ganito na lang matatapos ang highschool life ko. Tinatamad na yatang magsulat ang author kaya sa ganitong paraan na lang niya tatapusin ang buhay ko. Sa kamay ng taong pinaka-iiwasan ko pero alam kong maaasahan ko.

*Ang drama, walang lang talaga akong maayos na notes.*

Nagpapadyak ako habang nakaupo sa sahig. Bakit naman kasi ganito? Bakit si Kuya ang magr-review sa 'kin? Pwede namang maghanap na lang siya ng iba. Dati naman si Aries ang inuutusan niya. Oh kaya man kukulitin lang niya ko mag-aral. Bakit? Bakit? BAKIT?

Kaya pala kinukutuban ako sa pagpayag niyang wag akong pumasok. Sinasabi ko na, merong hindi magandang mangyayari. Pero napatunayan ko namang nahahawa na ko sa sosyaling instinct ni David. Panis, parang sakit lang na napapasa.

*Sana hawahan din niya ko ng talino.*

Narinig ko ang pagtawag ni Kuya sa pangalan ko. No choice ako kundi ang tumayo at kuhanin ang gamit at cellphone ko. Kahit labag sa loob ko pumunta ako sa kwarto niya. Nakaupo siya sa harap ng study table niya at meron pang nakahandang bakanteng upuan sa tabi niya.

**"Maupo ka na and bring out your notes,"** utos niya sa 'kin.

Halatang ayaw humakbang ng mga paa ko. Dahan-dahan ang naging kilos ko na mukang napansin niya. Napatingin pa siya sa wrist watch niya dahil na rin siguro sa tagal kong kumilos. Napataas pa ang isang kilay niya habang pinapanood ako.

**"Jay!"** sita niya sa 'kin kaya napabilis ang kilos ko.

Agad akong naupo sa bakanteng upuan sa tabi niya. Tinuro niya ang lamesa gamit ang isang daliri. Alam kong inuutusan niya kong ibaba ang mga notes ko do'n. Kaso hindi ko kaya, para niya kong inuutusang magbaba ng ebidensiya na sisira sa buhay ko.

Dahan-dahan kong binuksan ang bag ko habang pabalik-balik ang tingin sa kanya. Isang notebook muna ang kinuha ko. Syempre pinili ko ang makapal-kapal at maraming notes na nakasulat. Math.

Ngumiti pa ko ng malapad ng ibaba ko 'yon sa lamesa. Halatang naghihinala siya dahil hindi bumababa ang isang kilay niya. Kukuhanin sana niya ang notebook pero agad kong dinaganan 'yon gamit ang palad ko.

*Wag po! Makikita niya kung gaano ako kasipag mag-aral.*

**"B-Bakit?"** tanong ko pa.

**"I need to check your notes. Paano ko malalaman kung saan ka nahihirapan?"** sagot niya at sinubukang agawin ang notebook ko.

Mabilis ko naman siyang pinigilan. **"Nahihirapan ako . . . sa buhay ko."**

Nagtitigan kami habang pilit nag-aagawan. Halatang napipikon na siya pero kung hahayaan ko lang siyang makita ang notes ko baka lalo siyang mag-alburoto at lumabas dimunyu.

**"We're talking about your academics here not your miserable life."**

*Maka-miserable naman. Siya na maganda buhay.*

**"Sasabihin ko na lang kung saan ako nahihirapan,"** pagpipilit ko.

Bigla niyang hinampas ang kamay ko kaya napabitaw ako. Nakuha niya ang notebook at nagawa pa akong tignan ng masama bago buklatin 'yon.

*Naiimagine ko na ang burol ko.*

Tumakas na kaya ako? Sandali akong lumingon sa pinto ng kwarto niya. May kalayuan sa kinauupuan ko. Sa haba ng binti ni Kuya, kapag tumakbo ako maabutan niya ko. Lalo akong malilintikan.

**"Ano 'to?"** tanong niya halatang naguguluhan sa sulat ko.

*Ayan na.*

**"What kind of notes is this?"** tanong na naman niya habang nililipat ang pahina ng notebook ko. **"Bakit ganito? Scratch notebook ba to or lecture notebook? Pati solving nandito. And what the fvck is Tangerine? Gutom ka ba no'ng sinusulat mo to?"**

Tinignan niya na halatang galit na sa nadiskubre niya. Napaiwas lang ako ng tingin at niyakap ang bag ko. Gusto ko ng manliit dito sa kinuupuan ko.

Binalikan niya ang notebook ko, **"Wrong calculation at solving na nga pati spelling wrong din. Angel ka ng angel sa notes, it supposed to be angle. And where did you get pythagogo theory? At ano to? '*Anong saysay ng math kung hindi rin naman kami magmumultiply ni crush?*'"** Tinignan niya ko ng masama pagkatapos basahin ng malakas ang nakasulat sa notes ko.

Tinakpan ko ang muka ko gamit ang bag ko dahil sa kahihiyan. Hindi ko naman alam na naisulat ko pala 'yon. Si Ci-N talaga nagbigay sa 'kin ng ideya isulat 'yon. Sa kanya rin nanggaling ang linyang 'yan. Hindi rin naman ako mahilig maglalagay ng ganyan sa notebook.

**"Meron pang F.L.A.M.E.S."** inis na sabi niya at panigurado akong nakita niya ang pangalan namin ng Hari ng mga Ulupong.

Gusto ko na talagang manliit. Sobrang liit sana tapos liliparin na lang ako ng hangin. Dinig ko ang padabog na pagsara ni Kuya sa notebook ko. Unti-unti kong inalis ang bag ko sa muka ko at tinignan siya. Halatang nagpapakalma siya sa paghinga ng malalim. Nahilamos pa niya ang muka gamit ang palad.

*Kumalma ka Kuya.*

**"Nasan na ang ibang notes mo?"** tanong niya habang nakalahad ang palad.

Mahigpit kong nayakap ang bag ko. Isang notebook pa lang pero muntik na siyang sumabog sa galit, ano pa kaya kapag nakita niya ang iba?

**"S-Sabihin ko na lang sa 'yo ang topic. Hindi na siguro kailangang tignan ang mga notes ko,"** pagpipilit ko.

Alam kong hindi siya papayag pero nagulat ako ng bigla niyang hatakin ang bag ko. Agad ko namang hinatak 'yon pabalik. Pero syempre hindi siya papayag na manalo kaya hinatak na naman niya. Halos matangay ako dahil sa lakas niya. Pinagpapasalamat ko na lang na matibay-tibay ang bag ko.

**"Kuya . . ."** pagmamakaawa ko sa kanya habang nakikipaghatakan ng bag.

Hinampas na naman niya ang kamay ko kaya napabitaw ako. Kanina ko pa gustong magpapadyak sa inis. Talagang hindi pumapayag 'tong pinsan ko na matalo.

Binuksan niya ang bag ko at isa-isang nilabas ang mga notebook. Napasibangot siya ng makuha ang notebook kong maraming tilas ng papel na nakasiksik.

**"Bakit ganito 'to?"** inis na tanong niya.

**"M-Minsan kasi sa ibang notebook ko nasusulat ang lesson kaya tinitilas ko na lang para ilipat dyan,"** paliwanag ko.

Kumuha ulit siya ng notebook at mabuti na lang na matino-tino ang mga sunod na nakuha niya. Natigilan siya ng meron siyang makapa sa loob. Tinignan niya pa ko bago iangat ang kamay na may hawak na mga . . . bato? Bakit puro bato ang bag ko?

*Ay kaya pala mabigat ang bag ko.*

**"H-Hindi ko alam kung bakit puro bato ang bag ko."**

Binaba na lang niya ang mga bato sa lamesa niya at dumukot ulit sa bag ko. Sunod niyang nakuha ang mga basura ng pinagkainan namin pero malamang pinagkainan lang ni Ci-N. Siya lang naman ang mahilig maglagay ng pinagkainan sa bag ng iba. Pati school bag ni David puro basura niya.

**"M-Malamang kay Ci-N 'yan."**

Binaba ulit niya sa lamesa 'yon. Dumukot ulit siya at sa pagkakataon na 'to hindi na basura or bato ang nakuha niya. Kundi patay. Patay na butuki. Tuyot na tuyot na ang itsura kaya malamang na matagal na siya sa bag ko.

*Kaya pala minsan ang baho ng gamit ko.*

Hindi na nakatiis si Kuya at sinabog na ang laman ng bago ko sa lamesa niya. Nagkalaglag ang natitirang laman. Lukot o tilas na papel, alikabok o kaya man buhangin, pati mga pera kagaya ng baryang sinukli lang sa 'kin.

Napakagat ako sa ibabang labi ng tumayo si Kuya. Malalim siyang napabuntong hininga.

**"No'ng hinayaan kitang ilagay ng school sa Section E, buong akala ko titino ka dahil majority ng mga kaklase mo mas dominante pa sa 'yo! But instead of changing and be better you become worst! Sa halip na maiba ka sa kanila, NAKIISA KA PA!"** galit na sabi niya.

Halatang pinag-isipan niya ang bawat salitang sinabi niya para mas maintindihan ko. Parang mas lalo pa siyang namroblema sa kalagayan ng school bag ko kaysa sa 'kin. Napayuko na lang ako habang pinaglalaruan ang palad. Gusto kong maiyak. Wala namang ginagawang masama ang bag ko bakit galit na galit siya sa mga laman? Akala ko notes ko lang ang ikakagalit niya pero mukang pati mga basurang nauwi ko kinasama niya ng loob.

*Sorry naman.*

Kinuha niya ang cellphone niya bago ako harapin ulit, **"Clean this mess. I will call Alvin and talk to him about your grades. Mukang babalik ka ng high school."**

Tinalikuran niya ko at lumabas na ng kwarto. Napanganga ako. Bakit ako babalik ng highschool kung maayos naman grades ko? Hindi naman ako nage-excel pero hindi rin naman ako bagsak. Dahil ba sa patay na butiki kaya ako uulit na naman.

Mangiyak-ngiyak akong nilinis ang lamesa ni Kuya. Tinapon ko ang mga basura at binulsa ang mga barya. Ginawan ko ng maayos na kabaong ang butiki gamit ang isang pahina ng notebook at ginamit ko ang mga alikabok at buhangin para tabunan siya. Nilagay ko rin ang ilang bato at ang natitira naman gagamitin ko sa libing niya sa labas.

Hindi siya nagkaroon ng maayos na burol. Hindi man lang alam ng mga kaibigan niya o pamilya niya ang sinapit niya. Karapatan niyang magkaroon ng maayos na libing.

*Hustisya para sa butiki.*

Sinantabi ko muna 'yon at inayos ko naman ang mga notebook ko. Inayos ko rin ang pagkakaipit ng mga papel. Meron din naman akong maayos na notebook. Madalas kinokopya ko kay David kaya maayos kong nailalagay ang mga dapat kong ilagay. Hindi rin ako nagmamadali kaya nasusulat ko lahat ng kailangan. Nahihirapan nga lang ako dahil meron siyang sariling alphabet.

Mabuti na lang at unti-unti na kong nasasanay basahin ang mga letra niya. Gano'n yata talaga kapag gwapo dapat merong pangit na matitira sa buhay. Sa kanya 'yung sulat kamay. Kaya alam ko talagang sobrang ganda ko, kasi sobrang pangit ng takbo ng buhay ko. hehe.

Napalingon ako sa pinto ng pumasok na ulit si Kuya. Binaba niya ang phone at parang dismayadong nakatingin sa 'kin.

**"Alvin will arrange a review class this whole weekend. Umattend ka,"** utos niya.

**"Sino makakasama ko?"**

**"Who else? Malamang mga classmate mong parang walang balak mag-college!"**

Napanguso ako. Gigil na gigil naman si Kuya parang masisira na buhay namin. Pwede pa rin naman kaming bumawi. Isang grading pa tapos meron pang tinatawag na post final exam, para naman daw 'yon sa entrance exam sa college at syempre pambawi na rin sa mga kakulangan naming grades.

Pinaligpit na niya sa 'kin ang mga gamit ko. Nawalan na raw siya gana na tulungan ako mag-review. Pinabalik na lang niya ko sa kwarto ko. Sinakbit ko ang bag ko at kinuha ang ataul ng patay na butiki.

**"What the hell is that?"** tanong niya sa hawak ko bago ako tumalikod.

**"'Yung patay na butiki. Ginawan ko kabaong,"** sagot ko at parang nawirduhan siya sa 'kin. **"Nakakaawa kasi, namatay siya ng walang nakakaalam."**

Parang bigla siyang sumuko sa paniniwala niya sa katinuan ko. Napahawak pa siya sa sintido niya.

**"Edi ipaalam mo sa pamilya niya,"** inis na sabi niya. **"Ipapakulong ka nila. Ang crime scene sa bag mo."**

Napanganga ako. **"Oo nga no, iisipin nilang ako ang pumatay sa kanya."**

Nasampal ni Kuya ang noo niya. **"Please leave, baka ikaw ang ilibing ko ng buhay."**

Agad naman akong umalis papunta sa kwarto ko. Binaba ko ang bag ko at patakbong dinala ang kabaong ng patay na butiki sa labas. Nainis pa kuwari si Kuya sinakyan din naman niya ang trip ko. Tapos bandang huli napikon.

*Iba din. Meron akong pinagmanahan.*

Naghanap muna ako ng pwedeng pangbungkal pero isang isang stick lang ang nahanap ko. Dumiretso ako sa halamanan sa labas ng bakod ng bahay. Agad akong naghanap ng pwedeng paglibingan at binungkal ang lupa. Nang masiguro kong malalim na tsaka ko nilibing ang butiki. Pinatong ko ang mga natirang bato na nakuha ko sa bag ko bilang marka sa puntod niya.

**"Sumalangit ka nawa."**

Pagtayo ko natigilan ako dahil sa taong nakatayo sa tapat ng gate ng bahay. Naka-helmet na itim at itim din ang jacket at pants. Lalakad na sana ako papasok sa loob ng lumapit siya napaatras ako.

**"B-Bakit?"** takot na tanong ko.

Hindi ko maiwasan na matakot sa kanya. Unang-una bigla na lang siyang lumitaw. Ikalawa wala naman siyang sinasabi basta na lang siyang humakbang palapit sa 'kin.

Nilahad niya ang kamay sa 'kin pero sa halip na pagbigyan sa kung ano mang binabalak niya tumakbo ako papasok sa gate. Hindi ko namalayan na sinundan pala nyia at hinablot sa braso. Mabilis akong nagpapasag at nagsisigaw.

**"KUYA ANGELO!"**

Parang naalarma siya sa ginawa ko. Mas nilakasan niya ang paghatak sa 'kin pero hindi ako pumayag. Umitsa na rin ang paa ko para sipain siya. Hindi ko na alam kung saan tumatama ang paa ko dahil sa pagkataranta. Hanggang sa kusa siyang napabitaw, kinuha ko namn ang pagkakataon para tumakbo papasok ng bahay pero nahablot na naman niya ko.

**"KUYA!"**

**"HOY! BITAWAN MO ANG ANAK KO!"** sigaw ni Mama mula sa pinto.

Mukang natakot naman ang lalaki at patulak akong binitawan. Natisod nga lang ang isang paa ko kaya tuloy-tuloy akong bumagsak sa sahig. Hinabol ni Mama ang lalaki palabas ng bahay. Nakita ko si Kuya Angelo at Tita Gema na agad na lumapit sa 'kin.

**"Sino 'yon?"** tanong ni Tita habang tinutulungan ako.

Sinundan naman ni Kuya si Mama at hindi nagtagal bumalik rin sila.

**"Tumawag ka ng pulis. Siguraduhin mong mahuhuli 'yon,"** utos ni Mama sa pinsan ko bago bumaling sa 'kin. **"Ayos ka lang?"**

Tumango ako. Tinulungan nila kong pumasok sa bahay. Dahan-dahan akong naupo sa sofa dahil sa sakit ng katawan ko.

**"Anong nangyari? Wala naman siyang ginawang masama sa 'yo?"** tanong ni Tita Gema.

Umiling ako. **"Pilit lang po akong hinahatak."**

**"Akala ko ba safe dito si Jay-Jay? Ano yan? Bakit may gustong kumidnap sa kanya?"** galit na tanong ni Mama.

Napayuko ako. Kung alam lang nila may ilang beses akong napahamak sa loob ng subdivision. So far wala namang malalang pangyayari kaya masasabi kong safe nga. *haha sinong niloko ko?*

Tumalikod si Tita Gema at naglakad papuntang kusina. Pagbalik niya meron na siyang dalang baso ng tubig at inabot sa 'kin.

**"Uminom ka muna."**

Tinanggap ko naman at mabilis na naubos ang laman ng baso. Mabigat ang paghinga ko at parang naninikip ang dibdib ko. Sobrang lakas lang ng loob ng lalaking 'yon at sa loob pa ko ng bakuran balak tangayin.

*Kidnapping na naman. Kasawa na eh.*

Natigilan kami ng merong tumawag mula sa labas.

**"Tao po! Bossing!"**

Napasibangot ako pero alam kong pamilyar sa 'kin ang boses ng tumawag. Sinilip ni Tita Gema kung sino 'yon.

**"Si Percy,"** sabi pa niya at lumingon sa 'min.

Agad na lumabas si Kuya Angelo para salubungin ang step-brother ko.

**"May kailangan ka?"** bungad ni Kuya.

**"Makikikain sana,"** sagot niya at tumawa. **"Meron sana ako gusto pag-usapan. Tapos nakita ko sa gate niyo, hindi man lang dineliver ng maayos."**

Tumayo ako para silipin na rin sila. Agad kong napansin ang hawak na sobre ni Kuya na binubuksan niya.

**"Jay, pumasok ka nga dito at magpahinga,"** utos ni Mama pero hindi ko siya pinansin.

Napaangat ng tingin si Percy ng makita ako. **"Ay hindi ka pumasok?"**

Lalapit na sana siya sa 'kin ng makita ko ang laman ng sobreng hawak ni Kuya. Agad akong lumakad palapit para tignan 'yon ng maayos. Inagaw ko pa sa kamay ni Kuya.

Mga litrato ko 'yon sa loob at labas ng school. Minsang kasama ang mga Ulupong. Pero mas naalarma ako dahil ang iba nasa mismong loob pa ng classroom ang kusa. Meron din habang nasa ospital ako. Hindi ko maintindihan kung paano ako nakuhanan ng litrato sa mga lugar na kami-kami lang ng Section E.

*Sinong kumukuha ng litratong 'to?*

Tinignan ko ang likod at tama ang iniisip ko. Panibagong death threat para sa 'kin. Pero mukang huling mensahe na rin.

'*Can't wait to finally get back to you.*'

*OceanofPDF.com*

# Chapter 372

**A/N:** Congratulation sa lahat ng Tropa na nagsikap sa pag-aaral . May honor man o wala I'm so proud of you 😘.

Happy Graduation Day to:
Meriam-july 9
Joanna- july 7
Rojoana-july 7
Samantha -july1
Zaijan - july 14
Ella - July 10 or 14
Janisa - aug 7
Angel Jasmine- july 10
Gwen- July 7

Also Thank you for joining the quizzes on our official group.

- Lian Lora
- Jaime Janela Villanueva
- Janina Tish Manglicmot
- Sab Vouganville
- Chyna Luna
- Micaella Jean
- Maria Samantha Manlangit
- Luisa Mae Domondon
- Wilma Botones- Stellar
- Angela Morada
- Ashley Rovillos
- Lizza Mae Autor
- Kyla Mendoza
- Trixie Matias
- Janelle Cario
- Sherwina Rajan

- Brianna Cabuang
- Mikaylla Manalo
- Atasha Caraan Hamor

Enjoy reading!!!

## Get Back

***Jay-Jay's POV***

Nagpapasalamat ako at mabilis ang kamay ni Kuya. Agad niyang hinablot ang sobre sa 'kin at tinago 'yon kina Mama.

*Para siyang snatcher.*

Hindi kaya dating snatcher 'to si Kuya? Dami niyang sideline hindi na ko magugulat kung naging gano'n din siya.

**"Wala 'to. Galing lang sa school ni Jay,"** sabi pa niya habang kalmadong nakatingin kina Mama at Tita Gema.

**"Sige. Ang bilin ko. Tumawag ka ng pulis."** Pagtanggap ni Mama sa sinabi ni Kuya bago tumalikod at pumasok sa loob ng bahay.

**"Wag mo kalimutan Angelo,"** pahabol ni Tita Gema bago sumunod kay Mama.

Pag-alis nila tsaka naman sunod-sunod na nagtanong si Percy sa 'min. Daig pa niya Pulis na nag-interrogate ng kriminal. Tumatalsik pa ang laway niya sa 'min.

Pitikin ko kaya lalamunan niya?

**"Ano yan? Ano bang laman niyan? Bakit bigla ka namutla Jay? May nangyayari na naman bang hindi maganda? May kaaway ka na naman ba?"**

Hindi ako makasagot. Iisa lang ang nasa isip ko. Si tatlong gustong maghiganti sa 'min isa na lang ang natitira.

*Si Ram na walang jam.*

Wala na si Sato, si Jason na wala na kong balita at ngayon si Ram na lang ang may galit sa 'kin. Unless na lang marami pa lang may galit talaga sa 'kin mga nagtatago lang. Pero wala naman na kong ibang naka-away. Maliban syempre sa mga gangsta dyan sa tabi-tabi.

*Kasalanan nila 'yon. Nananahimik ako.*

**"Jay, go back to your room,"** utos sa 'kin ni Kuya bago ituro si Percy. **"At ikaw, sumunod ka sa 'kin."**

Hindi ko na nagawang umalma dahil sa pagtalikod nila sa 'kin. Napabuntong hininga na lang ako bago pumasok sa bahay at dumiretso sa kwarto. Hinanap ko ang cellphone ko. Alam kong kailangan ko ring sabihin kay Keifer ang nangyari. Bukod do'n hindi mawala sa isip ko ang mga kuhang litrato.

Pinaikli ko ang message ko baka kasi hindi niya ma-gets ang mahaba. Alam ko namang nababasa niya ang text ko kaso minsan, ewan ba do'n.

*Slow kasi minsan utak no'n.*

Isa pa 'yan eh. Ang gwapo-gwapo tapos minsan natakbo utak o kaya man bingi. Nanggigigil na naman ako kapag naalala kong ilang beses kong sinabi sa kanyang kami na. Nawawalan tuloy ako gana jowain ang lintik. Ganito na lang kami. Bahala na si Batman sa kahihinatnan ng relasyon namin.

Kapag may nagtanong ng relasyon namin bahala na kung anong maisipan kong isagot. Sabihin ko mag-amo kami. Siya ang boss ko at nagpapasahod sa 'kin, ako aliping sagigilid. Wag lang nila kong maisipang kulitin, ay magwawala ako.

Binalikan ko ang text ko dahil baka meron akong hindi nailagay na ditalye, kaso kinailangan kong burahin at ulitin dahil gano'n pa rin ang mga letra ko. Sa sobrang inis ko at pagod sa pagt-type nauwi na lang ako sa maikling message.

**To:** ***King_bingi***

**Message: n@San f0oDs QoUh? mUnt!k n@ Qou ma-k!DnAp.**

(Nasan foods ko? muntik na ko ma-kidnap.)

Gusto ko sana matawa sa bagong contact name niya. Nakakailang palit na ko sa pangalan niya. Next time ilalagay ko na lahat na parang listahan. O kaya bigyan ko siya malupit na nickname sa contacts ko.

Kagaya nga ng inaasahan ko tumawag agad siya, na mabilis ko namang sinagot.

**"*What happened? Nasaktan ka ba?*"** bungad niya.

**"Hindi naman. Nasan na pagkain ko?"**

*Priority. Nakakagutom makipaghatakan sa lalaking naka-helmet.*

**"*Alam ba ng pinsan mo ang nangyari?*"** tanong ulit niya.

**"Alam niya. Pinapasok kagad niya ko sa kwarto. Meron ding nakuhang sobre na may litrato ko at message sa likod. Anong oras mo papadala pagkain ko?"**

**"*Another threat? I will talk to your cousin about this.*"**

**"Meron pala akong napansin sa mga picture."** Sandali akong natigilan. Baka kasi nagkakamali lang ako at ang mga picture na 'yon nakuhanan ng hindi namin namamalayan.

**"*Is there something wrong? Is there some inappropriate shot of you?*"** nag-aalalang tanong niya.

**"W-Wala naman. Baka guni-guni ko lang. Padala mo pagkain ko, nangako ka."**

Dinig ko ang bahagya niyang pagtawa. **"*Yes, I will.*"**

Nagpaalam na ko sa kanya at pinatay ang tawag. Kailngan ko munang makita ng maayos ang mga picture. Baka nagkakamali lang talaga ako. Tsaka kung ang kuha ng mga picture ay kami-kami lang, sino naman sa mga Ulupong ang kumuha ng litrato? Imposible namang merong traydor sa 'min. Hindi kaya nakuha lang nila 'yon sa mga post ng mga Ulupong sa social media.

Masipag pa namang magpost ang iba sa kanila. Kahit blurred ang muka namin, sige pa rin sila sa pagpost. Meron pa rin naman silang likers.

Nagbukas naman ako ng facebook at hinanap ang account ng Section E. Inisa-isa ko ang mga pino-post nilang photos. Wala namang kamuka ng mga natanggap kong picture. Pati Instagram at Twitter nila tinignan ko rin, pero wala pa rin akong nakita. Ibig sabihin kuha ang picture ng hindi namin alam. Pero sino naman ang kumuha, wala naman akong maalala na nakasama na naming hindi namin kilala.

Ayokong isipin na isa sa mga Ulupong ang kumukuha ng litrato at nagpapadala kay Ram. Alam naman nilang lahat ang pinagdaanan ko sa kanya. Ngayon pa ba sila gagawa ng panibagong ikapapahamak ko? Dipende na lang kung gusto ulit nila akong makitang magalit.

*Eh sino nga?*

Baka ako pala tapos se-send ko kay Ram. Ang lakas naman pala ng trip ko sa buhay.

Kahit anong tanggi ko tumuturo talaga sa mga Ulupong ang posibilidad. Gusto kong magpagulong-gulong. Pakiramdam ko ang sama kong tao dahil pinag-iisipan ko sila ng masama.

Ilang oras pa kong nagmukmok sa kwarto hanggang sa marinig ko si Tita Gema na tawagin ako. Mabilis naman akong tumakbo palabas ng kwarto ko at nasalubong si Mama sa sala.

**"May nagdeliver ng pagkain. Para sa 'yo daw,"** sabi niya at tinitigan ako.

May kakaiba sa tingin niya sa 'kin kaya hindi ko maiwasang magtanong.

**"Bakit ganyan ka makatingin?"**

**"Ano bang pinaggagagawa mo sa buhay. Bakit lagi ka na lang napapahamak at nadadamay sa gulo?"** May pag-alala sa tono niya na halatang pinapalitan niya ng inis na tono.

*Abay hindi ko alam. Kapahamakan ang lumalapit sa 'kin.*

**"Hindi ko alam. Gano'n yata kapag gusto ng makita ang Tatay, kaya hayaan mo na kami magkita ni Papa para hindi na ko napapahamak,"** sagot ko sabay ngiti.

Mabilis siyang napairap bago ako talikuran. Akala ko gagana ang palusot ko. Wala, matigas talaga 'to daig pa ang bato.

*Dapat pangalan ng Nanay ko 'The Rock'.*

Dumiretso na ko sa kusina dahil baka do'n nila nilagay ang pagkaing diniliver.

Tama naman ako at naabutan ko pang nilalantakan na ni Kuya Angelo at Percy ang pagkain ko na para bang sila ang namili at nagpadeliver dito sa bahay. Nakataas pa ang isang paa ng step-brother ko.

*Para sa 'kin 'yan! Wag ka sanang mabulunan sana.*

**"Oh ayan na,"** sabi pa ni Kuya bago lumipat ng pwesto para makalapit ako.

Binuksan nila ang isang box ng pizza at lasagna. Sabay pa sila sa pagnguya.

**"Akin 'to. Bakit kinakain niyo?"** may halong inis na tanong ko.

**"Takot mo namang maubusan,"** sagot ni Percy bago kumagat sa pizza'ng hawak.

Inirapan ko siya. Sana hinintay muna nila ko bago lantakan ang pagkain ko.

Mabuti na lang at natuwa ako sa pinadala ng Hari ng mga Ulupong kaya nawala ang inis ko sa kanila. Tatlong box ng pizza at tig-iisang tray ng Lasagna, Carbonara at Bake Mac. Alam na alam talaga niya ang gusto ko.

*Hindi kaya connected na ang utak namin?*

Hindi naman siguro. Edi sana alam na niyang matagal ko na siyang sinasagot.

**"Sinabi mo ba kay Keifer ang nangyari?"** tanong ni Kuya habang palapit sa ref.

**"Oo,"** sagot ko ng hindi siya tinitignan.

**"Kaya pala napasugod dito,"**

Napatingin ako kay Percy dahil sa sinabi niya. Sumugod dito ang kumag?

Inambaan ko siya ng hampas pero umilag siya. **"Sumugod ka dyan."**

**"Siya nagdeliver niyang kinakain mo,"** paglilinaw ng pinsan ko.

Tinignan ko naman lahat ng mga pagkain sa harap ko. Personal talaga niyang dinala ang mga pagkain, pero bakit hindi siya nagpakita sa 'kin? Nandito na pala siya sana binati man lang niya ko.

*Asan nagpunta?*

**"Nasan na siya? Bakit hindi nagpakita sa 'kin?"** tanong ko na may halong inis.

Mukang napansin ni Kuya ang tono ko kaya tumalim ang tingin niya sa 'kin. Agad naman akong umiwas sabay kamot ng likod ng tenga.

**"Required bang magpakita siya sa 'yo?"** inis na tanong niya.

Umiling ako at pasimpleng sinubo ang ginger bread na nadampot ko.

**"Sis, kinagatan ko na 'yan."**

*Ay, putarages!*

Napatigil ako sa pagnguya at tinignan ng masama ang step-brother ko. Naluwa ko tuloy ang nasa bibig ko. Babato ko sana sa kanya.

**"Bakit naman nasa tray pa kung kinagatan mo na?"** inis na tanong ko.

**"Puno ang plato ko, syempre ibabalik ko muna dyan. Malay ko bang kukuha ka na pala."**

Nainis naman ako at nilagay sa plato niya ang ginger bread na hawak ko. Pati ang niluwa ko nilagya ko rin na mabilis niyang nireklamo.

**"Kadiri naman,"** inis na sabi niya habang tinatanggal ang mga nilagay ko. **"May virus mo na 'to!"**

*Ako pa talaga ang may virus.*

**"Kapal mo!"**

Umalis ako sa tabi niya para manguha ng plato at tinidor. Napatingin naman ako kay Kuya na matalim pa rin ang tingin sa 'kin. Para bang lagi na lang akong may ginagawang masama sa paningin niya.

Unless na lang kung counted na masama ang mga kalokohan ko tatanggapin ko ang tingin niya.

*Counted ba ang patay na butiki sa bag?*

**"Umamin ka nga sa 'kin. Ano pa bang kalokohan ang ginawa mo at bakit galit na galit sa 'yo ang Ram na 'yon?"** pang-aakusa niya.

**"A-Alam mo naman ang ginawa ko sa kanya di ba?"**

Hindi ko maiwasang kabahan sa tono niya sa 'kin. Kahit alam ko namang wala na kong ibang ginawang masama pakiramdam ko napakasama ko.

*Ito na naman po kami.*

**"What else?"**

**"Wala na talaga,"** mahinahon kong sagot.

May mga araw talagang matindi maghinala 'tong si Kuya. Para bang pakiramdam niya lagi siyang niloloko ng niloloko. May trauma kaya siya sa panloloko?

Napatingin ako kay Percy na masama ang tingin kay Kuya Angelo. Uminom siya sandali sa basong hawak pero hindi niya inaalis ang pagkakatitig sa pinsan ko.

**"Bakit naman ganyan ang tono mo Boss?"** seryosong tanong niya.

Ewan ko kung bakit pero bigla na lang ako kinabahan sa tono ng boses niya. Ilang beses ko ng sinabi na kapag nagse-seryoso si Percy may kakaiba sa kanya. Masyado ba kong nasanay sa pagiging mapagbiro niya?

*Pagiging corny siguro.*

**"Gusto ko lang masiguro na wala na siyang tinatago sa 'kin."**

**"Matagal naman na niyang sinagot 'yan. If you need more information, asks Keifer or Yuri. Sila naman ang unang nakakilala kay Ram."**

Nagtitigan sila ni Kuya. Hindi nga lang kagaya ni Keifer, wala akong makitang ng paghahamon mula sa kanya. Kalmado lang pero halatang hindi papatalo kapag nagkapikunan sila.

*Masyadong kalmado.*

Tinignan ako ulit ni Kuya, bahagya naman akong lumayo sa kanya. Baka ako na naman kasi ang pagbuntunan niya. Hindi pa naman ako ready, gutom ako.

**"I want you to be honest so I could help you. Kaya sana wala ng ibang tinatago,"** sabi niya sa 'kin at naglakad paalis ng kusina.

Napangiwi ako. Marami pa kong tinatago sa kanya. Kagaya ng mga nawawalang chocolate sa ref nila tuwing gabi. Kilala ko lang ang nangunguha pero syempre hindi ako 'yon.

Bago pa siya tuluyang makalabas may pahabol pa si Percy.

**"You're pushing them away. Nakakasakal ang ginagawa mo."**

Hindi naman na sumagot si Kuya at umalis na ng tuluyan. Lumapit naman ako kay Percy para hatakin ang tenga niya.

**"Aray . . . Ano ka ba?"** inis na tanong niya.

**"Magsisimula ka pa ng away dito sa bahay."**

Ako ang natakot sa ginawa niya. Ngumiti siya ng malapad sa 'kin. Malayo na sa pagiging seryoso niya kanina.

**"Takot ko na lang magsimula ng away tapos ang kaaway ko si Angelo, ay babalik na lang ako sa banging pinaghulugan ko,"**

Natakot ako sa sinabi niya kaya nahampas ko siya. Nakalimutan na yata niyang muntik na siyang mamatay sa bangin na 'yon. Tapos eto siya at may ganang magbiro tungkol do'n.

**"Bakit?"**

**"Wag mo na ngang magawang biro ang nangyari sa 'yo. Nakakatakot kaya."**

Bigla na lang siyang tumawa. **"Concern naman pala ang sister ko."**

Nagawa pa niyang magpa-cute sa 'kin. Naasiwa nga lang ako kaya ngumiti na ko para tumigil siya. Kumuha na lang ako ng kakain at pumwesto sa tabi niya. Sabay pa kaming kumain at paminsang nag-uusap.

Tapos na ang panghalian pero nasa kusina pa rin kaming dalawa.

**"Minsan parang sumusobra na si Angelo sa inyo,"** sabi niya na nagpatigil sa 'kin. **"Tama naman na paghigpitan kayo kung may mali. Gano'n din naman gagawin ko kay Felix at Dalia kung nagkataon, pero siya. . . daig pa ang striktong Tatay sa mga anak."**

Kusang bumalik sa 'kin ang mga masasakit na salita ni Kuya. Ang iba do'n tinanggap ko lang kasi alam ko namang mali ako, pero hindi ko maiwasang damdamin. Kapag naman sumagot ako sa kanya parang kinakain naman ako ng konsensya ko.

Lalo na ng sumbatan ko siya na hindi siya ang Tatay ko. Tanda ko no'n na parang nasaktan siya.

Ayokong question-in ang treatment niya sa 'kin. Maayos pa rin naman niya kong inaasikaso. Walang panunumbat sa naitulong o sa pag-aalaga nila sa 'kin. Minsan ko ring pinangarap na sana siya na lang ang totoong kapatid ko.

*Pero ngayon, parang iba magsalita si Kuya sa 'kin.*

Ayoko na lang isipin kasi pakiramdam ko wala akong karapatang makaramdam ng gano'n sa kanya. Maraming beses din naman niyang pinakita na mahalaga din ako sa kanila.

**"Kapag tingin mo sobra na siya at hindi mo na kaya, sabihin mo sa 'kin. Kahit magkagulo-gulo kukuhanin kita rito,"** seryosong sabi niya.

**"Pero syempre kung ready na tayo sa gulo. Ako kasi hindi pa."** biglang bawi niya at tumawa.

Napangiwi ako. Minsan talaga hindi ko alam ang andar ng utak niya. Sa sobrang hangin siguro niya, hindi kinaya ng sariling utak niya.

Pinagpatuloy namin ang pagk-kwetuhan tungkol kay Kuya. Kinwento rin niya sa 'kin kung paano sila nagkita-kita. Kagaya rin ng kwento ni Keifer sa 'kin no'n. Pati mga adventure niya kasama ang apat at kung paano magtampo si Felix sa kanya dahil sa dalas niyang wala sa bahay.

Natawa pa ko sa kwento niya kung paano siya bitbitin ni Kuya sa likod ng kwelyo niya na parang tuta.

*Percy the puppy.*

Bigla ko naalala 'yung araw na binanatan si Aries ni Mykeliling sa school. Dumating si Kuya no'n at do'n ko rin narinig kay Yuri ang tsismis sa buhay ni Kuya.

**"Alam mo ba 'yung kwento tungkol sa pagnununog niya ng school?"** tanong ko sa step-brother kong tukmol at sandali siyang nag-isip.

**"Not exactly. Yun yata kasi yung panahon na mailap na siya sa 'min."**

**"Naging mailap si Kuya sa inyo?"**

Tumango siya. **"Parang bigla kaming hindi nag-exist sa buhay niya. Baka naging busy lang siya sa buhay niya no'n."**

Mukang maraming nangyari no'n kay Kuya na wala silang kaalam-alam. Sabagay hindi naman pwedeng kadikit sila kay Kuya 24/7. Siguro si Aries may alam din pero hindi naman magsasalita 'yon. Magagalit lang sa 'kin 'yon kapag nagtanong ako tungkol do'n, sabihin pakialamera ako.

*Tapos isumbong ako bigla kay Kuya.*

**"Ang dapat mong chikahin dyan, si Tiger. Sila-sila ang laging magkakasama dati."**

Oo nga no, bukod kay Sir Alvin kaibigan nga rin pala niya si Tiger mula highschool. Kaso naiilang akong humarap sa kanya matapos ang pagpunta nila ni Doctor Claudia sa unit ni Kuya.

*Tapos napainom akong glue pagkaalis nila.*

Hay Keigan. Iintindihin kita dahil sa sakit mo, pero sana talaga wag na maulit kay Keiren 'yun.

Marami pa kaming napag-usapan na madalas tungkol sa school lang o kaya kay Kuya Angelo. Pero sa hinaba-haba ng usapan namin, hindi niya binabanggit ang Papa ko. Hindi ko alam kung maingat lang ba siya o talagang nakalimutan lang niya ang ganap sa buhay ko at Tatay ko.

Gusto ko rin sana siya tanungin kaso naisip ko na baka may makarinig sa 'min at malaman ni Mama. Baka tuluyan na siyang magalit at hindi na rin papuntahin si Percy dito.

Inabot na kami ng hapon, balak pa sana niyang makikain ng hapunan kung hindi lang siya nakatanggap ng text message mula sa Nanay niya. . . yung tunay na Nanay niya. Muntik pa silang magpang-abot ni Aries na kakauwi lang galing school kayalang mukang nagmamadali siya.

**"Are you okay?"** bungad sa 'kin ng kapatid kong Horoscope.

*Bakit hindi mo hulaan?*

**"Ayos naman,"** sagot ko at ngumiti. Tatalikod na sana ako sa kanya para pumunta sa kwarto ko pero nagsalita pa siya na nagpatigil sa 'kin.

**"Sinabi sa 'kin ni Keifer ang nangyari. Sigurado kang ayos ka lang?"**

Napakurap-kurap ako. Medyo nakakapanibago lang na kinausap siya ni Keifer. Sana casual na paraan at hindi parang mag-aaway at mag-aaway sila.

*Naks, nag-usap na ang mag-frenny.*

**"Oo, hindi naman ako nasaktan."**

Tumango siya. **"Mabuti naman."**

Hindi muna ako umalis. Pinagmasdan ko muna siya at kita ko naman ang pagbuntong hininga. Muka siyang pagod na pagod. Parang ang dami niyang ginawa sa school bukod sa mag-aral at makipag-landian sa jowa niya.

*Baka nilinis ang buong school. Janitor na siya ngayon.*

Ang daming part time. Bukod sa pagbabasa ng kapalaran, nag-janitor na rin pala siya ngayon. Ang galing, parang si Kuya Angelo lang marami ding sideline. Kaya pala lalong yumayaman ang mayayaman.

Ako rin, maghahanap na rin akong sideline baka yumaman ako. Magtitinda ako pagkain sa school, kaso baka wala akong kitain kasi ako lang kakain. Magbenta na lang ako cellphone load, kaso baka malugi ako. Mayayaman ang schoolmate ko, malamang mga naka-line ang mga cellphone number nila. Isip ako ibang sideline.

**"What?"** tanong niya ng mapansin ang ginagawa ko.

**"Hindi naman kayo nag-away ni Keifer?"**

Halatang nagtaka siya sa tanong ko. **"What makes you think na mag-aaway kami?"**

**"Di ba lagi naman kayong gano'n kapag nagkikita kayo?"**

Napatawa siya. **"Hindi ba sinabi na namin sa 'yo. For your sake, mag-uusap kami ulit."**

Oo nga pala. Magkakasundo lang sila kapag may kinalaman sa 'kin. Natutuwa akong isipin na tinototoo nila ang usapan. Kasi kung magawa nilang magkasundo ngayon baka sa susunod, tuluyan na silang magkabati.

Malinaw naman sa 'kin na baka hindi na sila maging katulad ng dati kasi nga marami na ring nagbago pero at least alam kong okay sila. Pwede mo pa rin naman sigurong maging kaibigan ang isang tao kahit na masyado nakakausap.

Tumango lang ako sa kanya at dumiretso na sa kwarto ko. Kinuha ko agad ang cellphone ko. Meron akong message mula kay Keifer, Yuri, David at sa group chat ng mga Ulupong. Halos pangangamusta lang ang ginawa nila. Ang iba minention si Blaster, hindi pala siya pumasok ngayon araw.

*Mukang nag-audition siya.*

Pero syempre merong nagpaalala ng review para bukas sa bahay ni Sir Alvin. Halatang mga ayaw nilang pumunta pero wala sila magagawa kasi si Kuya Angelo ang nag-ayos non. Parang gusto ko tuloy mahiya sa kanila dahil do'n.

*Si Kuya naman kasi, dahil sa patay na butiki na-stress.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 373

**A/N:**

TROPA! WE MADE IT!

Happy 1M to us!!!

**Reviewing**

***Jay-Jay's POV***

*Ang aga-aga naman! Inaantok pa ko eh. Kainis!*

Halos ayaw dumilat ng mga mata ko habang inaayos ko ang mga dadalhin papunta kay Sir Alvin. Nagbilin din siyang magbaon ako ng damit dahil hanggang bukas kami ro'n.

Kung bakit gano'n katagal, ay hindi ko alam. Iba ang trip ni Kuya Angelo. Gusto yata niyang pag-aralan ko ang lahat ng lesson ng buong year. Hello? Madalas akong absent.

*Baka gusto niyang maging si Albert Einstein ako.*

Buti sana kung pareho kami ng IQ or kaya ng takbo ng brain. Yung sa 'kin kasi paurong ang takbo kaya puro ako kalokohan.

Napalingon ako sa pinto ng marinig ko ang pagkatok at boses ni Tita Gema.

**"Jay, kumain ka muna."**

Sumagot naman ako kaso mukang hindi 'yon narinig ni Tita, binuksan pa rin niya kasi ang pinto para silipin ako.

**"Kain na. Kumakain na si Kuya Angelo mo do'n."** Aya niya sa 'kin.

Napahikap ako bago lumapit sa kanya. Hinawakan naman ni Tita ang kamay ko habang magkasunod kaming naglakad papuntang Dining.

**"Napuyat ka ba kagabi? Bakit antok na antok ka?"** tanong niya sa 'kin.

**"Opo, kausap ko mga classmate ko kagabi."**

Bahagya siyang natawa. **"Bakit? Excited ba kayong magpunta kina Sir Alvin niyo?"**

Sana nga excited sila, kasi hindi sila gano'n sa group chat kagabi. Panay ang murahan nila at hanapan ng mga nawawalang notes. Wala daw silang gagamitin ngayon araw. Meron pang nanisi kung bakit wala siyang naisulat sa notes niya.

*Isinisi pa sa iba ang katamaran nila.*

**"Hindi po. Sadyang napuyat lang,"** sagot ko bago niya ko bitawan pagkadating sa dining.

Nakaupo si Kuya Angelo at abala sa pagbabasa sa Ipad niya habang may hawak namang tasa ng kape ang isang kamay. Si Aries din nakaupo na at kumakain.

**"Maupo ka na Jay at kumain."** Utos ni Tita at sumunod naman ako.

Pinilit kong idilat ang mga mata ko. Bahagya ko ring sinampal ang magkabilang pisngi ko para magising.

**"Akina, ako sasampal para magising ka,"** sabi ni Aries pero pinandilatan ko naman siya ng mga mata.

**"Gising na ko."**

Tinawanan lang niya ko. Nagsimula na kong magsandok para kumain. Naging tahimik naman kami sa lamesa hanggang sa matapos si Kuya sa binabasa niya.

**"Wala ka namang gagawin ngayon, sumama ka Aries."**

Pareho kaming natigilan sa sinabi ni Kuya. Ang lakas yata ng tama ng kape sa kanya at pati si Aries isasama niya sa group review kina Sir Alvin. Baka nakakalimutan niyang kabilang sa Top 10 highest ang kapatid kong Horoscope na 'to.

*Nahuhulaan niya kasi ang sagot. The power of Zodiac.*

**"What for? I have the group that helps me study better."** Takang tanong ni Aries.

Ako rin nagtataka sa trip ni Kuya. Pero at least nagising ako ng tuluyan sa sinabi niya. Sumubro pa nga sa pagkagising.

*Daig pa kapeng barako.*

**"Hindi kita pinapasama para mag-aral. I want you to help them study."**

Napangiwi ako. Hindi pa gano'n ka-okay ang mga Ulupong kay Aries. Alam ko 'yon dahil kapag nakakasama namin siya meron pa rin sa kanila ang masama ang tingin sa kanya. 'Yung iba naman nakikisama na lang ng maayos.

**"Muka ba kong teacher? Sir Alvin does not need any help from me."** Mabilis na kontra ng kapatid ko.

Pasimple kong tinignan si Kuya habang patuloy ako sa pagsubo ng ham. Halatang hindi niya nagustuhan sagot ng kapatid ko.

*Magaling, galit na siya.*

**"Kapag sinabi kong sumama ka, sumama ka."** Mahinahong sabi ni Kuya pero ramdam ko na malapit na siyang sumabog sa galit.

**"No, I don't want —."** Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil sa masamang tingin ng pinsan naming Angel kuwari. **"L-Let me see what I can do."**

*Akala mo makakatanggi ka ah?*

Gusto ko siyang pagtawanan ng malakas. Akala siguro matibay siya at makakatanggi siya sa pinsan namin. Nakakalimutan yata niyang si Angelo ang batas, ang kumontra butas.

**"At ikaw?"** Sabay turo sa 'kin ni Kuya. **"Nguyain mo ang pagkain, wag kang lunok ng lunok."**

Nginunguya ko naman ang pagkain. Ewan ba bakit ako napag-initan bigla. Tumayo na si Kuya at umalis. Naiwan kami ng kapatid ko na nagpapalitan ng tingin. Hindi ko nga mabasa ang gusto niya sabihin, hindi ako marunong manghula.

Hinayaan ko na lang at tinuloy ang pagkain ko. Matapos 'yon bumalik na ko kwarto at inayos na ulit ang gamit ko. Nang masiguro kong kumpleto naman na ang mga pinapadala sa 'kin ni Kuya, dumiretso na ko sa banyo para maligo at mag-ayos.

Nakakainis naman kasi. Dapat pahinga namin ngayon eh. Weekend na weekend mag-aaral kami para sa exam. Required bang mataas ang makuhang grade? Okay naman siya sa mga grades ko no'ng una kahit hindi gano'n kataas pero bumababa bawat exam.

*Ang sipag ko kasi pumasok.*

Matapos mag-ayos tsaka ako lumabas ng kwarto dala ang school bag at travel bag ko. Nasa sala na pareho si Kuya at Aries na halatang naiinis pero hindi makapag-reklamo.

**"Finally,"** sabi ng pinsan ko at naglakad palabas.

Bago pa makasunod ang kapatid ko bigla na lang nag-ring ang phone niya. Huminto siya para sagutin 'yon kaya nilagpasan ko siya. Nilagay ko ang gamit ko sa compartment at tsaka sumakay sa kotse.

**"Aries, let's go!"** sigaw ni Kuya pero walang Aries na lumabas ng pinto.

Pumasok ulit ang pinsan ko sa bahay dahil mukang inip na inip na siya at gusto ng umalis.

*Ako okay lang kahit wag na umalis.*

Pero paglabas nila sa halip na sumakay si Aries sa kotse ni Kuya, sa sariling kotse niya siya lumapit. Agad naman akong nagtanong sa pinsan ko na mukang mainit ang ulo.

**"Bakit? Hindi siya sasabay sa 'tin?"**

**"Nagkaroon daw ng emergency si Ella,"** sagot niya bago paandarin ang kotse.

Nakatanaw lang ako sa sasakyan ni Aries na halos kasunod lang din naming umalis.

Ano kayang nangyari kay Ella? Inis ako sa kanya pero hindi ko naman hinihiling na may masamang mangyari sa kanya. Gusto ko lang 'yung tipong kakabagan siya sa gitna ng maraming tao.

*Tapos hindi pwedeng magpigil.*

Sana hindi gano'n kalala. Kinuha ko ang cellphone ko para itext na rin ang kapatid ko. Alam ko namang hindi siya magre-reply agad pero baka mamaya siguro. Chinat ko na rin ang mga Ulupong para malaman kung nasan na sila.

***Ulupong GC***

**Me:**

*Sa@n nHa kHyOuh?*

**Ci-N:** *Huh? Sumpa ba yan?*

**Eren:** *Ayan na naman siya!*

**Eman:** *Need talaga ni Jay ng eye glasses.*

**Denzel:** *Hindi ko gets!*

**Edrix:** *Nakakaiyak.* 😭😭

**Rory:** *Umiyak ka ky Friend.* 😭😭

Ito na naman sila. Nilalait na naman typings ko. Aminin na lang nilang shunga-shunga sila at hindi marunong magbasa.

**Keifer:** *Saan na daw kayo, sabi ni Jay.*

**Felix:** *HAHAHAHAHA my translator.*

Dapat nga magpasalamat sila sa Hari ng mga Ulupong. Nagagawa pa niyang mag-translate para sa kanila. Agad namang sinagot ng iba kung nasan na sila. As usual makikisakay lang ang karamihan sa kotse ng may kotse.

Sinabi ko naman sa kanila na papunta na ko at kasama ko si Kuya.

**Drew:** *Baka magalit Kuya ni Jay. Bilisan niyo!*

**Blaster:** *Andito na ko sa kanto, pasunod po.*

**Josh:** *Maglakad ka na lang daw.*

**Calix:** *Wag m asarin baka ihawin si Edy niyan. Stress ngayon 'yan.*

**Blaster:** *Sigaw mo pa!*

**Calix:** *STRESS NGAYON 'YAN!!!*

*Wag daw asarin pero siya ang nang-asar.*

Muka ngang stress si Blaster dahil sunod-sunod ang pagmumura niya. Hindi lang nasabi kung bakit pero baka may kinalaman sa hindi niya pagpasok kahapon.

Hindi na ko nagreply karamihan sa kanila susunduin na ng iba kaya malamang papunta na rin sila. Alam naman nila ang papunta sa bahay ni Sir Alvin. Habang nasa byahe napansin ko ang pagka-irita ni Kuya. Panay din ang tingin niya sa rare view at side view mirror. Ayoko namang magtanong baka bigla niya kong bugahan ng apoy.

Napatingin ako sa bintana ng sasakyan. Para kasing naiba ang direksyon ng namin. Hindi ko masyadong saulado ang daan papunta kina Sir pero may mga pamilyar naman na building or bahay naman akong naalala.

**"Jay, fasten your seatbelt please."** Utos ni Kuya na ginawa ko naman.

*Hala, magf-fast and the furious si Kuya.*

**"Kuya?"**

**"We'll be fine, meron lang akong gustong masiguro,"** sagot niya pero hindi ko maiwasang kabahan.

Umiba ng daan si Kuya. Lumiko sa makipot na eskinita. Lumipat sa iba pang daan. Hindi ko na alam kung nasan kami. Napakapit ako ng mahigpit sa seatbelt ko ng bilisan niya pa ang pagpapatakbo.

Nawala lang ang kaba ko ng maisipan niyang pumasok sa underground parking.

**"They're gone,"** bulong niya na narinig ko pa rin.

**"Ano ba kasi 'yon?"** tanong ko.

**"Wala, akala ko kasi merong sumusunod sa 'tin."**

*Akala?*

Sa bilis niyang magpatakbo at sa dami ng sinuutan niyang daan, akala lang pala niya ang lahat. Nasobrahan ba sa kape 'tong pinsan kong nagpapanggap na anghel? Siguro mas barako pa sa barako ang kapeng nainom niya.

Tumuloy na kami sa distinasyon namin. Salamat naman at maayos na siyang nagmaneho. Hindi rin nagtagal ng makarating kami sa bahay nila Sir. Andito na si Keifer at ibang Ulupong.

**"Good morning,"** bati sa 'kin ni Yuri na unang sumalubong sa 'kin.

**"Good morning,"** sagot ko habang kinukuha ang gamit ko.

Akmang tutulungan na ko ni Yuri ng merong kamay ang umagaw sa gamit ko.

**"Let me take that,"** sabi ni Keifer at kumindat pa sa 'kin.

*Ang aga naman.*

**"Si Alvin?"** tanong ni Kuya kay Yuri.

**"Sa loob kausap si Ma'am Cindy."**

Tumango lang si Kuya at iniwan na kami. Bago makapasok binunggo niya pa si Keifer na nakaharang sa pinto. Wala namang nagawa ang Hari kundi ang tumabi.

Natawa pa ko sa itsura niya. Napahikab ako bago maglakad at nakita 'yon ni Yuri.

**"Puyat na puyat ka,"** puna niya bago sumunod sa 'kin.

**"Oo, paano madaling araw na active pa ang group chat natin. Hindi ka yata nagbubukas ng messenger."**

**"Wala na kong account. Dineactivate ko na."**

Natigilan ako. Agad kong kinuha ang phone ko para hanapin ang social media account niya. Parang kailan lang nakita ko pang active ang account niya.

**"Bakit?"**

**"Wala naman akong ginagawa do'n. Tinanggal ko na lang,"** sagot niya ngumiti sa 'kin. **"Pwede mo pa rin naman akong makausap sa phone number ko."**

*Sabagay, hindi rin naman kami madalas magka-chat.*

Pagpasok sa bahay nakababa na ang mga gamit ko sa tabi ng gamit ng iba. Andito na rin si Felix, Edrix, at Rory. Sunod-sunod naman nila kong binati at ganon din ako sa kanila.

**"Kumain ka na? May pagkain sa kusina,"** sabi ni Keifer at hinawakan ang kamay ko para hatakin ako sa kusina.

Hindi naman ako tumanggi at hinayaan na lang siya.

*Syempre tatanggi pa ba ko? Pagkain 'yan uy.*

Totoo naman sinabi niya, meron ngang pagkain na nakahain sa lamesa. Mukang naghanda si Ma'am Cindy sa pagdating namin. Pinaupo agad ako ng Hari at inasikaso para pakainin.

*Kuwari hindi pa ko nag-aalmusal.*

**"Ikaw? Kumain ka na?"** tanong ko sa kanya.

**"Hindi pa, kaya sabay na tayo."**

Kumuha siya ng plato pero bago pa niya mababa sa harap ko meron ng umagaw sa kanya.

**"Salamat. Ang sweet talaga ng President ng Section E,"** sabi ni Rory na siyang humablot ng plato.

Naupo siya sa tabi ko habang malapad na nakangiti. Kasunod niya si Edrix at Felix na tinatawanan siya.

**"Gago, pagnapikon 'yan bakat ang plato sa muka mo,"** sabi ni Edrix at nanguha ng sariling plato.

**"Hindi 'yan, labs tayo niyan ni Keifer."** Ngumiti pa siyang malapad bago salubingin ang nakasibangot na Keifer sabay nguso. **"Mwuah!"**

Napailing na lang ang Hari ng mga Ulupong bago kumuha ulit ng plato para sa 'min. Kasunod niya si Felix na nanguha rin ng para sa kanya.

Sunod-sunod naman silang nagsandok. Gano'n din sana ang gagawin ko pero ang Hari na ang gumawa para sa 'kin. Hindi ko tuloy maiwasang mailang dahil pasimple akong pinagtatawanan ng tatlong Ulupong na 'to.

*Mabulunan sana kayo.*

**"Kain na,"** sabi pa ng Hari at ngumiti.

Ginawa ko naman habang pasimple siyang pinapanood na magsandok ng kanya. Nang magsimula siyang tsaka lang ako nag-focus sa pagkain ko.

**"Ano namang pumasok sa isip ng Kuya mo at nag-organize ng review?"** tanong ni Rory na nagpasamid sa 'kin.

Agad akong inabutan ng tubig ni Keifer. Pakiramdam ko may pumasok na kanin sa ilong ko.

*Ang sakit!*

Kasalanan ko talaga. Napikon sa 'kin si Kuya kaya napakausap bigla kay Sir Alvin. Paano ko ba sasabihing nadamay lang sila?

Sumpa yata ito ng patay na butiki.

**"Ayos yan, para hindi ka na mangopya sa 'kin."** Inis na sabi ni Edrix kay Rory.

**"Ang kapal ng muka mo! Ikaw ang nangongopya sa 'kin!"** sagot naman nitong isa habang may sumusubo pa ng hotdog.

**"Tarantado! Sinaksak mo pa nga ako ng ballpen dahil hindi kita napakopya!"**

**"Tanga-tanga ka! Kalabit ka ng kalabit no'n dahil nanghihingi ka ng sagot!"**

Lahat kami nakatingin sa dalawang nagtatalo habang kumakain. Para kaming nanonood ng telenobela, away ng nagkokopyahan. Hindi naman na bago samin ang pag-aaway nilang dalawa. Mamaya lang bati na ulit sila parang magjowang nagtampuhan lang.

*Buti pa sila nakakapagkopyahan.*

**"Good morning!"** sigaw ng pinakamakulit na bata sa Section E.

Sino pa ba? Walang iba kundi ang batang kumag. Agad siyang lumapit sa 'min at kasunod naman niya sina David, Josh, Denzel at Calix. Nagkagulo sila ng makita ang pagkain sa lamesa.

*Ayan, gising na diwa nila.*

**"Pagkain! Pagkain!"** Halos sabay-sabay na sigaw nila.

**"Pahingi!"** sigaw ni Ci at dinampot ang ham sa plato ko.

**"Hoy! Akin 'yan!"** sigaw ko at akmang aagawin ang Ham pero nasa bibig na niya. **"Kumuha ka ng plato mo!"**

Lalo pang nadagdagan ang magulo ng dumating na ang iba. Nakita ko agad ang nakasibangot na muka ni Blaster. Kanya-kanya na sila ng kuha ng pagkain. Ang iba hindi na gumamit ng plato basta na lang dinakma ang hotdog at ham.

*Para namang sampung araw na hindi nagsikain ang mga 'to.*

**"Pahingi kami! Wala na ba?"** tanong ni Mayo na hawak-hawak ang plato ng sinangag na kanin.

**"Mamigay ka naman nyan!"** Inis na sabi ni Eren pero hindi naman siya pinansin.

Ang pagkaing pang-isang barangay naubos sa isang iglap lang. Pati mga kaldero at kawali sa kalan tinignan din nila kung may laman pa. Parang gusto ko mahiya kina Ma'am Cindy, lahat na lang kasi ng gamit sa kusina napakialaman nila.

**"Ay wala na."** Malungkot na sabi ni Drew. **"Eman, magluto ka."**

**"Gago, hindi ko bahay 'to para makialam,"** sagot naman ni Eman.

Tuluyan ng nalinis ang nasa hapag. Muntik pang mag-away ang iba dahil sa pag-aagawan ng pagkain sa mga plato nila. Natigilan lang kami ng pumasok na si Kuya Angelo, Sir Alvin at Ma'am Cindy.

*Hindi pa nga pala namin sila nababati ng good morning.*

**"Gano'n na lang 'yon? Nalimas na lahat ng niluto ko?"** Tanong ni Ma'am Cindy.

Pare-pareho silang umiwas ng tingin maliban kay David.

**"Thank you for the breakfast and also, good morning."**

Nang marealize namin ang sinabi niya, agad din kaming nagpasalamat. Mabuti na lang at karamihan sa kanila nag-volunteer na maglilinis at maghuhugas ng plato. Ayaw pa sana ni Ma'am pero hindi pumayag ang mga Ulupong.

Napangiti ako. Dati kasi ang tatamad nila magsipaglinis at minsan inaasa pa sa 'kin, pero nitong mga nakakaraan napapansin ko na nagkukusa na silang maglinis. Dati kailangan ko pa silang sigawan o kaya bantaan na sasaktan bago sumunod, pero ngayon kahit wala ako sabihin ginagawa pa rin nila.

Habang abala ang iba, inaya na kami ni Sir sa likod ng bahay. Pinadala niya sa 'min ang mga school bag namin. May nakahanda ng mga carpet at throw pillows, meron ding maliit na lamesa at mga bean bag. Hindi rin mawawala ang white board sa harap na tulak-tulak ni Yuri. Mukang dito kami mag-aaral lahat.

*Parang mas masarap matulog dito kesa mag-aral.*

Pinaghanda na kami ni Sir. Hindi rin naman nagtagal bago sumunod ang ibang Ulupong. Si Keifer nasa harap katabi si Yuri dahil mukang isa rin siya sa magtuturo sa 'min. Akala ko sasama sa kanila si Ci-N pero naupo siya sa tabi ko habang may hawak na notebook at ballpen.

**"Tabi tayo,"** sabi niya at ngumiti.

**"Hindi mo na kailangang mag-review, ang talino mo kaya."**

**"Jay ang talino pumupurol kung hindi gagamitin,"** sabi ni Blaster na nasa harap lang namin. **"Kaya ayan, wala ng talino 'yan. Matagal ng hindi nagamit."** Sabay turo kay Ci-N na halatang walang paki sa kanya.

Nang makapag-ayos na lahat pati na rin si Sir at Ma'am nagsimula na silang magturo. Tinanong muna kami kung may eksaktong lesson ba kaming gustong balikan. Pare-pareho lang naman kami ng sagot kasi pare-pareho kaming hindi nakikinig.

No'ng una nakakasunod naman ako sa mga sinasabi ni Sir, dahil pamilyar pa ko sai ibang lesso pero katagalan lumulutang na naman ang isip ko. Hindi ko mapigilang pagmasdan si Keifer. Para siyang professor na abala sa pagbabasa ng notes niya at meron pang mga sinusulat.

*Tangina, ang gwapo.*

Sandali siyang sumulyap sa 'kin kaya nagkasalubong kami ng tingin. Kinindatan ko siya at bigla na lang siyang namula. Pasimple siyang nagtago sa notes niya kaya natawa ako. Napatingin ako kay Mayo na nakatingin pala sa 'kin.

**"Ang landi mo!"** dinig kong sabi niya kahit pabulong.

Inirapan ko naman siya at bumalik na lang sa pakikinig sa sinasabi ni Sir pero bumalik na naman ang atensyon kay Keifer na abala sa pakikipagpalitan ng notes kay Yuri. Meron siyang mga sinusulat tapos ay itatanong kay Yuri. Hinintay ko siyang humarap sa 'kin pero hindi na niya ginawa kaya napanguso ako.

Ngayon ko lang siya nakita mag-concentrate ng ganito sa pag-aaral. Palibhasa kasi ako ang nasa harap at siya nakapwesto sa dulo. Kapag naman titignan ko siya kundi natutulog merong kausap. Akala ko nga dati wala siyang notes sa bag niya ang gaan kasi kapag hawak niya. Napatunayan naman niyang matalino siya pero hindi ko talaga siya nakitang mag-aral ng maayos.

*Sana all kasi matalino.*

**"Jay,"** pabulong na tawag sa 'kin ni Ci.

Nilingon ko naman siya at pinakita niya sa 'kin ang drawing niya. Isang tao sa harap ng isang pader or bintana. Mahina akong natawa kasi parang mata ng isda yung mata ng tao. Ang laki-laki tapos tuldok lang ang nasa gitna.

Huli ko na napansin na si Sir Alvin pala ang din-drawing niya kundi pa niya dagdag ng details 'yung parang bintana hindi ko pa malalaman na 'yon ang white board. Naisipan ko namang dagdagan ang drawing niya. Habang ginagawa namin 'yon pasimple kaming nagtatawanan. Nagulat na lang ako ng may bigla humablot sa notes ni Ci-N.

Napasigaw si Ci kaya natigilan ang lahat at napatingin sa 'min. Mabilis akong tumayo para harapin siya.

**"K-Kuya."**

**"What is this? Binabastos mo Teacher mo?"** Mahinahon pero bakas ang galit sa boses niya.

**"H-Hindi. Naglilibang—."**

Hindi ko natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaan niyang pagbalibag ng notes. Hindi ko mapigilang matakot.

**"Sinong may sabi sa 'yong maglibang ka? Hindi pa nagtatagal ang pagr-review niyo!"**

**"Angelo, It doesn't matter—."** Pigil sana ni Sir pero pinutol ni Sir ang sasabihin niya.

Hindi pa rin inaalis ni Kuya ang galit na tingin niya sa 'kin. **"How hard it is for you to listen and study? Ito na lang ang gagawin mo, ang mag-aral tapos hindi mo pa magawa! Para kanino ba 'to?"**

*Wag mo kong sigawan sa harap nila, please.*

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Namumuo na ang luha sa mga mata ko. Tanggap ko naman ang sermon niya pero sana hindi sa harap ng mga kaibigan ko. Hindi naman na bago sa 'kin na kagalitan niya ko sa harap nila pero iba kasi ngayon.

**"Wala ka namang ibang problem sa pag-aaral, we take full responsibility of your school expenses! Not all kids have the same opportunity like you! Wala ka namang ibang kalaban sa pag-aaral mo kundi sarili mo, Jay!"**

**"That's enough!"** Galit na sabi ni Keifer.

**"Wag ka makialam dito! Isa ka pang kunsintidor!"**

Lalapit na sana si Keifer pero agad siyang pinigilan ni Sir Alvin at Yuri. Ayoko ring lumapit siya dahil ayokong isipin ni Kuya na lagi akong humihingi ng pagtatanggol mula sa kanya.

*Pero sana tumigil na ang pinsan ko.*

**"I arrange this review class for you learn, pero panibagong kalokohan na naman pala ang gagawin mo! You even have the audacity to disrespect your teacher! Ano bang pinagmamayabang mo!"** Pagpapatuloy ni Kuya.

**"A-Ako po nag-drawing no'n,"** sabi ni Ci sa tabi ko habang nakataas ang isang kamay.

Agad siyang hinatak ni Blaster palayo sa 'kin. Hindi rin naman siya pinansin ng pinsan ko.

**"Ikaw na rin ang nagsabi na gusto mo ng ayusin ang buhay mo! Prove it! Hindi ka ba nahihiya sa mga kaklase mo?"** Sinubukan niya kong iharap sa kanila pero pumalag ako. **"Look at them! Despite the fact that some of them had no plans for college, they still came here to study!"**

**"Huh? Paano niya nalaman 'yon?"** Dinig ko sabi ni Denzel pero agad siyang pinatahimik.

**"Kung ngayon pa lang hindi ka na makapag-aral ng maayos, what more when you're in college?"** Napailing siya, halatang disappointed sa 'kin.

Malalim ang buntong hininga niya bago mapatingin sa mga kaklase ko. Tumalikod siya at iniwan kami. Kinuha ko naman ang pagkakataon para punasan ang pisngi at mga mata ko.

Agad na lumapit sa 'kin si Keifer at Yuri.

**"Hey, it's okay. Mainit lang ulo niya,"** sabi ni Keifer at pilit akong pinapaharap sa kanya.

Tinabig ko ang kamay niya at pasimpleng nilingon ang mga Ulupong na nakita kung paano ako sermunan ng pinsan ko. Ang iba sa kanila nag-aalala, ang iba naman nagpilit ng ngiti para sabihing ayos lang, at ang iba umiwas ng tingin at kuwaring walang paki. Nahihiya ako sa kanila.

*Nakakahiya, pati sila nadamay.*

**"Ang sungit talaga ng Kuya mo,"** sabi ni Ci. **"Hindi ko na siya bati."**

Pinulot ko ang notebook niya at pilit inayos ang mga lukot na pahina bago ibalik sa kanya.

**"Jay. . . "** tawag sa 'kin ni Yuri pero hindi ko sila pinansin.

Naupo lang ako ulit kahit tuloy-tuloy ang pag-agos ng luha ko. Pilit akong kumakalma pero panay naman ang singhot at hikbi ko.

Sinubukan ni Sir na bumalik sa ginagawa pero nasa akin pa rin ang atensyon niya. Halatang awang-awa siya pero ayaw lang madagdagan ang pagkapahiya ko.

*Napakasama ko ba?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 374

**A/N:** Ayow! See yah tomorrow.
Sorry sa typo and wrong grammar.

**His Past**

***Jay-Jay's POV***

**"Uminom ka muna,"** utos ni Ma'am Cindy matapos ibaba ang baso ng tubig sa harap ko.

Pinapasok niya ko sa loob ng bahay ng makita niya ang kalagayan ko sa labas. Hindi ako kumakalma kahit sinusubukan nila Sir Alvin na ipagpatuloy ang pagtuturo. Idagdag pang ayaw umalis ni Keifer sa tabi ko kaya hindi mapakali ang ibang Ulupong.

Ininom ko naman ang tubig. Kumalma na rin ako pero nanginginig pa rin ang mga kamay ko.

**"Mamaya ka na lumabas, tulungan mo muna ako maghanda ng lunch."**

Tumango ako. Ayoko rin namang lumabas muna at magpakita sa kanila.

Nang masiguro ni Ma'am na okay na ko, tsaka siya tumayo para lumapit sa ref. Sumunod naman ako sa kanya.

**"Pakihugasan mo muna ang mga 'to, tapos hiwain mo,"** utos niya matapos iabot ang supot ng gulay.

Lumapit naman ako sa lababo para gawin ang utos niya. Tahimik lang ako habang hinuhugasan ang mga gulay pero hindi ko pa rin mapigilan ang panginginig ng kamay ko. Naiinis ako nakikita 'yon ni Ma'am.

*Baka isipin ni Ma'am Cindy, aping-api ako ni Kuya.*

Nang matapos ako sa paghuhugas ng mga gulay, kinuha ko ang sangkalan at kutsilyo pero dahil nanginginig ang kamay binawi 'yon sa 'kin ni Ma'am.

**"I don't think it's safe for you to cut those veggies,"** sabi niya at pinatabi ako.

**"Kaya ko naman po, mawawala din 'to."**

Narinig ko ang mahina niyang pagtawa. **"Para kang si Angelo."**

**"Po?"**

Narinig ko naman ang sinabi niya. Hindi ko lang makuha kung bakit niya ko nakumpara sa pinsan ko. Muka ba kong nagpapanggap na anghel? O kaya bumubuga ng apoy. Hindi rin naman akong mukang laging galit.

*Nananakal ako pero hindi sa kama.*

**"Pareho kayo ni Angelo when we were in high school, matigas ang ulo, may pagka-impulsive, slightly innocent, at madalas ding mapaaway,"** paliwanag niya.

*Si Kuya, kapareho ko? Weh? Parang ayoko.*

Siya na ang naghiwa ng mga gulay. Ang bilis ng kamay niya na para bang sanay na sanay siya sa kutsilyo. Siguro dati siyang cook sa restaurant. Ganyan kasi ang kamay ng mga nakikita kong cook sa tv at internet.

**"Kaya siguro ganyan ka niya tratuhin,"** dagdag niya na nagpahinto sa 'kin. **"Kasi nakikita niya ang sarili niya sa 'yo, baka natatakot siya na magaya ka sa kanya."**

Nagtaka ako. **"Ano po nakakatakot kung magaya ako sa kanya? Maayos naman po buhay niya."**

**"Maybe his life is going well now, but before, he was completely lost. Napag-iwanan namin siya. Habang kami nagsisimula na sa mga career na pinili namin, siya nag-aaral pa rin."**

*NAPAG-IWANAN SI KUYA? Nakakagulat 'yon.*

Hindi ko naiwasang mapansin ang lungkot sa mga mata ni Ma'am habang nagku-kwento tungkol sa pinsan ko. Sa pagkakaintindi ko si Sir Alvin at Kuya Angelo lang ang magkaibigan mula no'n. Pero mukang pati si Ma'am Cindy naging kaibigan din ng pinsan kong nagpapanggap na anghel.

Baka marami ring siyang alam na chika sa buhay ni Kuya. *Kwento mo lang Ma'am.*

**"Baka ayaw lang niyang maramdaman mo rin ang naramdaman niya no'n."**

Baka nga. Baka ayaw lang ni Kuya ni mahuli ako kagaya niya. Naalala ko no'n no'ng umuwi siyang lasing at nagso-sorry kay Tita Gema. Parang ang laking kabiguan niya no'n na kasalanan ko rin naman kasi hiniling ko kay Yuri na tapusin na ang engagement namin.

Pero parang ang hirap nga ma-imagine na ang isang Michael Angelo Fernandez hindi kagad naka-graduate kasabay ng mga kaibigan niya. Ang laking disappointed din siguro ng tingin niya sa sarili niya no'ng mga panahon na 'yon. Muka pa naman siyang ma-pride.

*Ma-pride talaga. Gulat ka no?*

Pero paano siya nahuli? Matalino si Kuya, sabi ni Aries. Hindi siya nahirapang intindihin ang mga lectures niya. Ang alam ko nga si Kuya din ang nagturo sa kanya no'n kaya hindi nahihirapan si Aries ngayon. Ako lang ang hindi niya maturuan at kasalanan 'yon ng patay na butiki.

**"Anong nangyari? Bakit po siya nahuli?"** tanong ko at bigla na lang siyang tumigil sa paghihiwa.

Tinignan niya ko at meron siyang tinuro sa tabi ko. **"Pakiabot ng container,"** utos niya at ginawa ko naman.

Nilagay niya ang mga hiniwa sa container. Tinuloy ulit niya ang ginagawang paghihiwa.

**"He was lost. He couldn't find himself to the point that he doesn't know his own identity."**

*Kaya ba may mga taong hinahanap ang sarili?*

Hindi ko ma-gets 'yung part na pati identity niya hindi na niya alam. Gano'n kantindi ang nangyari sa kanya.

**"Hindi ko po maintindihan,"** sagot ko at nagpilit siya ng ngiti.

**"Something happened. He was brokenhearted. Everyone turns their back on him. I can say that he lost everything,"** sabi niya ng hindi tumitingin sa 'kin.

Na-broken heart si Kuya? Kaya pala ang sungit-sungit niya. Eh may Honey naman na siya ngayon. Kahit ayokong maging sila dapat happy-happy na ang pinsan ko.

*O baka hindi siya napapasaya ni Honey?*

Hindi ba sulit ang sakalan sa kama?

**"What he did to you is too much, hindi mo kailangang patawarin si Angelo kung ayaw mo. But maybe, try to understand him. Gusto lang niyang maka-graduate ka on time at hindi mapag-iwanan."**

Napayuko ako. Hindi naman sa hindi papatawarin. Lagi ko rin naman iniintindi ang ginagawa niya sa 'kin. Gusto ko lang munang hayaan ang tampo ko sa kanya.

Sa kakapakinig ko sa sinasabi ni Ma'am Cindy, hindi ko namalayan na nawala na ang panginginig ng kamay ko. Nag-volunteer na kong tapusin ang paghihiwa ng mga gulay. Alam kong hindi kami matatapos agad kung siya lang ng siya ang kikilos.

*Pang-isang buong barangay na naman kasi ang luto niya.*

Gusto ko pa sanang magtanong about kay Kuya Angelo at sa nangyari sa kanya kung bakit siya napag-iwanan pero halatang meron siyang iniiwasang maisagot si Ma'am sa 'kin. Parang kalkulado niya ang isasagot at hindi siya pwedeng magkamali. Kaya pinili ko na lang magtanong tungkol sa high school life nila.

**"Nasa Section A ako. Sila ni Sir Alvin mo nasa Section E. 8 or 9 lang yata sila sa Section nila tapos lagi pa absent ang iba,"** panimula niya. **"Para nga kasing special section 'yung klase niyo, ginagawa lang safety net ng mga mamayamang istundyante."**

'Yan din sabi ni Kuya sa 'kin dati tungkol sa section e. Pero parang nakakatamad yatang pumasok na 8 or 9 lang kayo sa room. Mukang pati teacher tatamaring magturo kapag gano'n. Ano namang kayang ginawa ng mga kaklase ni Kuya at napunta sila do'n? Si Kuya aware akong palaaway dati.

*Meron pa nga siyang picture no'n sa second floor ng dati naming building.*

**"Ano pong ginawa ni Sir Alvin, bakit po siya napunta sa Section E?"**

Parang ang hirap maniwala na mapupunta si Sir sa Section namin. Masyado siyang mabait.

**"Nakipag-away sa isang Teacher matapos akong sabihan na may career ako sa night club,"** sagot niya at napahinto ako sa ginagawa ko bago mapatingin sa kanya pero bigla siyang tumawa. **"Ang hindi alam ni Sir mo, ang tinutukoy ng Teacher ay fight club. Maganda raw kasing pang-sports ang katawan ko pwede sa boxing. Ayun, muntik na siyang ma-expelled, nadaan lang sa pakiusap kaya naging suspended at nalipat ng Section."**

Pati ako bahagyang natawa. **"Ang tagal niyo na pala ni Sir? Since high school pa."**

**"Hindi naman naging kami."**

Literal akong napanganga sa sinabi niya. Seryoso pa siya ng sinabi niya 'yon kaya alam kong hindi siya nagbibiro.

**"P-Paano po kayo . . .?"** Hindi ko magawang tapusin ang tanong ko.

Ang hirap kasing isipin na mag-asawa na sila tapos hindi naman naging sila. Wala rin ba silang label no'n?

*Ganito ba ang future namin ni Keifer?*

Ay parang ayoko. Ang bilis naman, mag-asawa agad. Gusto ko muna maging mag-jowa, enjoy-enjoy sa mga date. Mag-aaway, magb-break tapos magbabalikan. Gusto ko ng problema sa relasyon, sakit sa ulo ba.

**"We don't usually talk pero matagal na naming kilala ang isa't isa. Sa kanila ako lumaki, naging empleyado ako sa bahay nila."**

Anong klaseng love story 'yon? Walang masyadong interaction tapos kinasal na lang sila.

**"Arrange marriage kayo?"**

Tumawa siya ng malakas. **"Hindi rin."**

**"Basta na lang kayo nagpakasal kahit walang feelings?"** tanong ko at halatang na-intriga ako sa kwento nila.

Tumawa na naman siya. **"Of course feelings are involve. It's kinda complicated."**

Gusto ko pa sana siyang kulitin sa story nila pero mukang ayaw na niya magbigay ng detalye. Hinayaan ko na lang at nagtanong na lang ng ibang bagay. Kagaya ng bakit ginusto nilang maging teacher?

**"My adopted mother was an undergraduate secondary teacher. Tinuloy ko lang ang pangarap niya,"** sagot niya habang nakangiti. **"Ikaw? Anong balak mong kunin?"**

**"Wala pa po akong napupusuang kurso."**

**"Malapit na ang entrance exam. Dapat meron ka ng mapili. Baka mahirapan ka kung tutukan ka kukuha at mag-e-enroll sa college."**

Ayun, bigla akong kinabahan. Pakiramdam ko tuloy may timer na nakadikit sa noo ko na kapag natapos ang oras hindi na ko makakapag-college. Ang dami kasing kurso na pwedeng kuhanin kaso baka sukuan ko lang din.

Gusto ko sana 'yung walang pa-exam na kurso. Syempre walang gano'n.

Natapos akong maghiwa at nagpatulong naman siya sa 'kin ipunin ang mga ingredients. Nagsimula siyang magluto ako naman nanonood lang. Gusto makialam sa kalan kaso baka magkaroon ng sunog lalo pa kong nalintikan.

*Taga-kain lang talaga role ko.*

Nang matapos kami sa ginagawa namin nagligpit naman kami at sunod na naghain, inayos din namin ang mga plato, baso, kutsara at tinidor. Dalawang beses niyang tinignan kung ayos na ba ang lahat bago ako utusan na tawagin na sila.

Nagd-dalawang isip ako no'ng una dahil hindi pa rin natatanggal ang hiya ko sa nangyaring panenermon ni Kuya sa harap nila pero oras na rin para kumain kaya ginawa ko pa rin.

Paglabas ko abala pa rin sila sa tinuturo sa harap. Sa pagkakataon na 'to si Yuri naman ang nasa harap ng white board at nagtuturo ng Math. Tinignan ko naman ang mga Ulupong. Ang iba sa kanila sinusunod naman ang solving, pero syempre hindi mawawala ang natutulog sa gitna ng klase kagaya ni David, Eman at Mayo. Meron ding nakatitig lang sa harap pero wala namang sinusulat.

Napangiwi ako. Ulupong talaga sila.

Tinaas ko ang kamay ko para agawin ang atensyon ni Yuri. Nakita naman agad niya ko kaya huminto siya.

**"Kakain na daw,"** sabi ko at parang magandang balita ang narinig nila.

Naglingunan silang lahat. Pati natutulog nagising at lumingon sa 'kin.

**"Handa na ang pagkain sa loob."**

Bigla silang nagtayuan at nag-unahang makapasok sa loob. Muntik pang madapa si Drew dahil sa paninisod ni Blaster. Si Ci-N naman binatak nila para mapaupo ulit. Si Kit binalak iwan ang natutulog na Mayo pero kusa rin siyang nagising. si Felix at David nagpahuli na dahil parang naubos na energy nila para makigulo.

"*Mga patay gutom!*"

"*Sige, wag ka kumain.*"

Napatabi na lang ako. Parang magkakaroon ng stampede sa sobrang gulo nila. Hindi naman halatang gutom na gutom sila.

**"Hey, you feel better now?"** tanong sa 'kin ni Yuri.

Ngumiti ako sa kanya. **"Oo, okay na ko."**

**"Sorry, we can't stop Angelo."**

Ngumiti ako sa kanya. Alam ko namang kilala nila si Kuya na kapag nagalita lahat ng pwedeng madamay, idadamay.

**"Ayos lang. Kumain ka na do'n."**

Ngumiti siya at pumasok na sa loob. Lumingon ako para hanapin ang Hari ng mga Ulupong pero mukang hindi na kailangan dahil nasa harap ko na kagad siya.

**"Kakain na—."** Hindi ko na natapos ang sasabihin ko dahil sa biglaan niyang pagyakap.

Wala siyang sinabi. Kusa rin akong yumakap sa kanya at sa hindi ko maintindihan na dahilan para akong maiiyak.

Nakatahan na ko kanina, kalmado na rin ako pero dahil sa yakap niya parang gusto ko ulit humagulgol ng iyak. Bakit ba ang bilis kong bumigay at lumambot sa bisig niya?

*Ang lakas naman ng tama ko sa kanya.*

**"Nahihiya ako,"** bulong ko.

**"You don't have to, we all understand. Lahat naman kami napahiya na sa harap ng isa't isa."**

Sumubsob ako sa dibdib niya. **"Hindi ko mapigilan."**

**"Would you feel better if I told are embarrassing story?"** tanong niya pero hindi ako sumagot. **"Sa harapin namin, pinagmumura ng debt collector si Drew. Ci-N would receive insults from his brother every single time he would see him happy with us. Felix was once called hampas-lupa by his Aunt who denied him as a relative."**

Napaangat ako ng tingin sa kanya. Lahat ng 'yon nangyari sa harap nila. Oo, naiinis ako kay Drew dahil sa utang niya sa 'kin pero kung makikita ko na mumurahin siya sa harap namin ng hindi naman namin kakilala parang maaawa nga ako sa kanya. Naranasan ko na ring ma-witness ang pamamahiya kay Ci-N ng kapatid niya. Hindi ko rin maiwasang maawa kay Felix lalo na't alam ko ang pinagdaanan nila.

**"You have all the right to feel shame but I want you to know that you're not alone. Kaya wag mong iisipin kung anong iniisip ng mga kaibigan natin,"** sabi niya at hinalikan ako sa noo. **"Kahit ako nakaramdam din ng pagkapahiya sa inyo. Remember when my Dad bring you all in his house? Hiyang hiya ako no'n dahil ayokong makilala niyo siya. He's a monster."**

Naalala ko 'yon. Unang beses kong nakaharap ang Tatay niya. Bigla na lang kaming sinundo sa bahay, napasakay din naman kami ni Aries sa service na sasakyan dahil pati mga Ulupong at si Ella nakasakay na rin. 'Yun din ang araw na tinutukan ako ni Dylan ng baril sa ulo.

*Ang yabang ko no'n, lambot tuhod ko ba.*

**"Hindi ko maalalang nahihiya ka no'n."**

Ngumiti siya at hinawi ang ilang piraso ng buhok mula sa muka ko. **"Kung alam mo lang, gusto ko na siyang sagasaan no'n para lang mapaalis ko na kayong lahat."**

**"Tanda ko na tense ka no'n at nag-aalala para sa kapatid mo."**

Ngumiti ulit siya. **"Priorities."** Bigla niyang pinisil ang ilong ko. **"Tapos merong isa dyan na nagpaka-bayani at hinamon si Dylan."**

**"A-Aray!"** reklamo ko at bumitaw sa kanya para alisin ang kamay niya sa ilong ko. **"At least, natameme sila. Pero hindi ko na uulitin 'yon, katakot din."**

Bahagya siyang tumawa. **"As you should. Feeling mo, gawa sa shield ang katawan mo at hindi tatablan ng bala?"**

**"Hindi. Matapang lang ako kasi kamag-anak ko si kamatayan."** Ngumiti ako ng malapad.

*Madalas siyang nagpapanggap na anghel.*

**"Yeah, but you're not exempted to death. Kaya mag-iingat ka at wag kang lumapit sa kapahamakan."**

Napahinto ako. Bigla ko kasing nakita 'yung Keifer na lagi kong kaaway dati. Masungit at nansesermon na Hari ng mga Ulupong. Hindi ko tuloy na maiwasan na titigan siya.

Sinesermunan pa rin naman ako pero ngayon hindi pasigaw na para bang batang yagit ang kausap niya. Ngayon ramdam kong nag-aalala talaga siya.

Bigla siyang ngumiti. Akala ko dahil ina-appreciate lang din niya ang oras namin, pero ng lumapit ang nguso niya sa 'kin mabilis nanlaki ang mata ko at agad na nilayo sa kanya ang muka ko.

**"Hoy!"** sita ko sa kanya.

**"What? No one is around."**

Tinignan ko naman ang paligid. Tama naman na wala na ngang tao at mukang nasa loob na lahat. Pero pinili kong umiling kay sa Hari ng mga Ulupong.

*Hanggang yakap lang muna, wala akong gana.*

**"Next time na lang, baka maubusan tayo ng pagkain,"** sabi ko at tumawa siya.

Inaya ko na siyang pumasok sa loob. Mabuti na lang at umabot pa kami sa pagkain. Nagkakagulo na kasi sila at nagkakalamangan na rin sa pagsandok.

Naawa ako kay Sir at Ma'am na nakatayo habang kumakain at pinapanood kami. Napapailing pa sila kapag may nangunguha ng pagkain sa plato ng iba.

*Pinangungunahan ni Ci-N.*

Kagaya kanina, nag-volunteer ulit ang Ulupong na magligpit at maghugas ng plato.

**"Nasan si Kuya mo? Umalis ba siya?"** tanong ni Ci sa 'kin.

Oo nga no? Ngayon ko naisip na kanina pa siya wala. Mukang umalis muna siya matapos akong sermunan. Baka nagpapalamig ng ulo.

Nagkibit balikat lang ako bilang sagot. Matapos magligpit, bumalik ulit kami sa labas para mag-aral. Sa pagkakataon na 'to, seryoso na ko.

*Wow, kaya magseryoso sa pag-aaral.*

Pinilit ko talagang makinig. Tumabi rin sa 'kin si David para turuan ako. Mabuti na lang at madali siya magpaliwanag. Hindi nga lang kami nakaligtas na matalim na tingin ni Keifer. Si Yuri naman nakataas lang ang kilay sa 'min na at para bang binabantayan kami.

Akala naman nila kung inaano sila ni David. Dapat nga magpasalamat sila sa kanya dahil tinutulungan niya ko tapos pinapaulit din niya ang topic kapag hindi ko naiintindihan. Kaso may ilang ulit nga lang niya pinaulit-ulit ang law of attraction, kaya yata naiinis 'tong dalawa sa kanya tapos nagtatawanan pa mga Ulupong.

**"Pasok ba sa law of attraction ang pagma-manifest na magustuhan niya ko?"** tanong ni David kaya napatingin kami sa kanya. **"Edi malaki ang chance na magkagusto siya sa 'kin?"**

*Sinong tinutukoy niya? Yung crush niya?*

**"That doesn't count."** Seryosong sagot ni Yuri.

**"Kapag hindi ka gusto, wag mo pilitin."** Dagdag ni Keifer.

**"Hindi ko naman pinipilit."** Ngumiti ng malapad ang David. **"Mina-manifest ko lang."**

Nagtawanan naman ang mga Ulupong. Pumalakpak pa ang iba kaya nagising ang diwa ng mga patulog na, kagaya ni Ci.

Halatang naalibadbaran na ang dalawa kaya nagtanong na lang ako ibang topic at mabilis naman nila kong tinulungan. Tatlo silang nagpapalitan sa pagtuturo pero madalas na si Sir ang nagpapaliwanag ng lahat. Sumali din si Ma'am Cindy sa pagtuturo para mas maintindihan namin.

Pagdating ng 6PM huminto na sila sa pagtuturo. Pumasok si Eman at Denzel para tulungan si Ma'am sa pagluluto ng hapunan. Gusto ko tumulong kaso binigyan ako ni Sir ng sasagutan, tapos karamihan Math problem pa.

*Sir naman ih. Math talaga?*

Tutulungan sana ako ni Keifer at Yuri pero binawalan sila ni Sir.

**"Kailangan niyang matuto mag-isa. Hindi pwedeng lagi kayong nakaalalay,"** sabi ni Sir at sang-ayon naman ako.

Wala silang nagawa kundi ang iwan ako sa sala habang sino-solve ang problemang hindi matapos-tapos ni Math. May isang oras na siguro ang nakalipas ng marinig kong nagtatawag na sila para sa hapunan kaso hindi ako makaalis sa pwesto ko. Hindi ko maiwan ang sinasagutan ko baka kasi mawala sa isip ko lahat ng lesson.

*Malamang kasi makakalimutan ko lahat kapag kaharap ang pagkain.*

Narinig ko pa ang pagtawag ng mga Ulupong sa 'kin pero hindi ko sila pinansin. Pinuntahan pa ko ni Ci para inggitin ng kinakain niya. Kahit gusto ko na ring kumain hindi naman pwede.

**"Ayaw mo?"** tanong ni Ci at umiling ako. **"Buti na naman."**

Napangiwi ako. Akala ko pa naman concern siya sa 'kin. Malapad pa ang ngiti niya habang nasa bibig ang liempo. Naglakad na siya pabalik sa hapag.

**"Wag mo pagtripan!"** sigaw ni Felix kay Ci. **"Baka magwala si Barakuda!"**

*ANONG KINALAMAN NI BARAKUDA DITO?*

Naririnig ko ang mga tawanan nila pero hindi ako natutuwa. Hintayin niyo lang matapos ako.

Nasa kalagitnaan ako ng pagbibilang sa daliri ko ng may magbaba ng plato sa harap ko. May kanin, liempo, kamatis at pipino pa. Tinignan ko ang nagbaba no'n at agad akong napabalik sa sino-solve ko ng masalubong ang mga mata ni Kuya Angelo.

**"Yes, I want you study but I don't want you to starve,"** sabi niya at iniwan na ko.

Nakagat ko ang ibabang labi ko. Tinignan ko ang pagkain sa harap ko at si Kuya na nakatalikod na sa 'kin. Nagtatampo ako sa kanya pero hindi ako magtatampo sa pagkain. Para na rin akong nagtampo sa buhay.

*Food is life kasi.*

Tinabi ko muna ang sinasagutan ko. Sakto namang lapit sa 'kin ni Keifer habang may dalang baso ng inumin.

**"They're ignoring him,"** bulong niya sa 'kin.

**"Sino?"**

**"Your cousin."**

*Wow, atapang atao.*

Hanga naman ako sa mga Ulupong at talagang hindi nila pinansin ang pinsan ko. Pero hindi naman nila kailangang gawin 'yon. Mabuti na lang at hindi naapektuhan sa ganyan si Kuya.

**"Let me know if you need help,"** sabi ni Keifer at naupo sa tabi ko.

Umuling ako sa kanya. **"Hindi. Kaya ko na. Malapit na kong matapos."**

Ngumiti naman siya sa 'kin at pinanood akong kumain. Nang matapos ako, kinuha niya ang pinagkainan ko, siya na raw ang maglalagay sa lababo. Bumalik naman ako sa pagsagot sa binigay sa 'kin ni Sir.

Literal kong hindi namalayan ang oras. Ilang beses ding nagpabalik-balik ang mga Ulupong sa harapan ko pero hindi sila pinapansin. Mangungulit din sana si Ci pero binawalan siya ni Sir. Nang matapos ko ang sinasagutan ko para akong nanalo sa lotto, sakit sa likod ang premyo.

*Ganito ba ang nirarayuma?*

**"Are you done?"** tanong ni Keifer na hinihintay pala ako matapos.

**"Hindi ko namalayan na nandyan."**

**"I purposely stayed here quietly, so I won't disturb you."** Nakangiting sabi niya at lumapit sa 'kin para kuhanin ang mga papel ko. **"Let me check your answers."**

*Ito na ang hatol.*

Kinuha niya ang ballpen at inisa-isang checkan ang mga sagot ko. Napapakagat ako sa labi kapag ine-ekesan niya ang  mga mali ko. Hindi ko tuloy nasundan kung ilan na ang tama sa mali.

Natakpan ko ang mata ko ng magbilang na siya.

**"Here's your score."**

Unti-unti kong sinilip ang papel at gano'n na lang ang ngiti ko ng maka-score ako ng 39 out of 50. Hindi na masama. Mataas na yan para sa 'kin.

Napapalakpak ako. **"Naka-39 ako."**

Kinuha ko ang papel at tinitigan ang score ko bago iharap sa Hari. Ngumiti ako ng malapad sa kanya. Gusto kong ipakita sa kanya na proud ako sa score ko. Hindi man perfect ang lumabas pero alam kong pinagpaguran ko ang resulta.

*Next time na ko maghahangad ng perfect score.*

Hindi ko mapigilang matuwa. Lalo na at sobrang hirap ng mga Math problem.  Malapad na ngumiti ang Keifer na para bang proud na proud siya sa 'kin.

**"Congratulations. I'm so proud of you."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 375

**A/N:** Congratulations to all Tropa. I'm so proud of you guys! 😊 May honor man o wala. You work hard and that's enough to earn a very sweet and proud congratulations .

sorry sa tpo and wrong grammar.

.

**Vs Ram**

***Jay-Jay's POV***

**"Yabang mo!"** Pang-asar na sabi ni Ci sa 'kin.

Sinipa ko siya pero hindi umabot ang paa ko. Ang hirap talaga kapag maikli ang mga binti.

**"Math pa lang ba napa-check mo?"** tanong ni Yuri.

Umiling ako bago ilapit ang hawak kong stick na may marshmallow sa dulo para tignan. Gumagawa ako ng s'mores kaso ang liit lang ng apoy sa loob ng lata ang gamit namin sa gitna. Sa dami naming may nakaabang na marshmallow hindi maluto ng maayos ang iba.

**"Na-check-an na rin niya ang iba. Maganda naman score ko pero mas proud ako sa Math."**

**"Great job. Tuloy mo lang 'yan baka ikaw pa maging higshest sa 'min,"** sabi ni David.

**"Malabo,"** bulong ni Ci kaya hinampas ko sa kanya ang stick na hawak ko.

*Ay shunga, 'yung marshmallow.*

Nawala sa isip ko na may nakasaksak sa dulo ng stick na hawak ko. Dumikit sa buhok niya ang marshmallow. Nataranta naman ako at agad na kinuha 'yon mula sa buhok niya.

**"Ay, ang marshmallow ko!"**

**"Kadiri naman! Buti nga."** Pang-aasar pa ng batang kumag.

Agad ko siyang tinignan ng masama. Kukuha na naman akong marshmallow, e ang hirap ngang idarang sa apoy. Ang dami ko kahati sa kakarampot na apoy sa lata.

*Kainis. Kasalanan 'to ng pasaway na bata.*

Napalingon ako kay David ng iabot niya sa 'kin ang stick na hawak niya. **"You can have this."**

Mabilis akong umiling. **"Wag na, sa 'yo 'yan eh. Mag-iinit na lang akong bago."**

Tinapon ko ang hawak ko.

**"It's okay, hindi rin naman ako mahilig sa s'mores."** Pagpipilit ni David.

Tinanggap ko na lang kaysa magkulitan pa kami. Kumuha agad akong graham cracker at chocolate na coffee table sa gitna rin namin. Natuwa naman ako ng makabuo ako ng maayos na s'mores.

Hinarap ko si Ci at ininggit siya sa hawak ko. Sa kanya kasi hindi pa rin lumalambot ang marshmallow. Inirapan naman niya ko.

*Hehe mainggit ka batang kumag.*

**"Ang liit naman kasi ng apoy natin, kailan pa matapos 'to?"** Reklamo ni Mayo.

**"Pagtyagaan mo na, bawal ang bonfire kina Sir,"** paliwanag ni Kit.

**"Mabilis namang lumambot ang marshmallow,"** sabi ni Denzel na pini-picturan ang ginagawa niya.

Balak niya sigurong isend kay Grace 'yon.

**"Malamang mabilis sa 'yo, sakupin mo ba naman lahat ng apoy."** Inis na sabi ni Rory.

Hindi naman siya pinansin ni Denzel dahil abala siyang picturan ang gawa niyang s'mores. Para siyang bata na dino-document ang ginagawa. Sabagay, ayaw siguro niyang ma-left out si Grace kasi hindi pa pwedeng mamasyal ang mag-ina.

*Miss ko na si Baby Grazel.*

After nito, pupuntahan ko sila. Bibisita lang tapos magdadala na rin siguro akong regalo tapos makikikain na rin ako sa kanila.

**"Gusto mo pa?"** Alok sa 'kin ni Yuri sa hawak niyang stick na may marshmallow.

Umiling ako. **"Bakit ba binibigay niyo sa 'kin ang hawak niyo?"**

Tumawa siya. **"Para mabilis kang makagawa ng s'mores. Mauubusan ka kung mag-iinit ka pa ng sa 'yo."** Pilit niyang binigay ang hawak sa 'kin.

Tinanggap ko na lang dahil tama naman siya. Mauubusan talaga ako lalo na sa batang kumag na hindi makapaghintay. Kinakain na niya ang graham cracker at chocolate habang nakasalang pa rin ang marshmallow niya.

Habang abala kami sa mga nakasalang na hawak namin panay ang atungal ni Blaster. Para siyang baka na ungol ng ungol sa isang sulok. Kanina pa siya nagkakaganyan pero walang pumapansin sa kanya.

**"Hindi ba titigil 'yon?"** tanong ni Kit.

**"Hanggang mamaya pa 'yan. Iniiyakan 'yung notebook niya, naiwan do'n sa studio na pinag-audition-an niya,"** sagot ni Eren at napatingin naman kami kay Blas.

Kulang na lang magpagulong-gulong siya sa lupa.

**"Sinubukan niya balikan? Ano ba laman ng notebook na 'yon?"** tanong ko.

**"Compose niyang kanta. Ando'n lahat. Pati sana plano niya sa pag-aartista at mga contact number ng mga manager at producer ando'n din,"** paliwanag ni Rory at pare-pareho kaming nanghinayang.

*Shuta, sayang 'yon.*

Kaya naman pala gano'n na lang ang pagmamaktol niya. Kahit ako magwawala rin kapag nawala ko lahat ng pinaghirapan ko.

**"Bobo kasi,"** inis na sabi ni Drew. **"Inuna pa magyabang sa chicks bago asikasuhin ang mga gamit niya. Edi napala mo, malandi ka kasi."**

**"Tangina mo!"** Galit na sagot ni Blaster at umatungal na naman.

**"Hindi mo sinubukang balikan?"** tanong ko sa kanya.

**"Binalikan ko, kaso wala na 'yung babaeng nakilala ko. Sa kanya ko pinahawak 'yon eh."**

**"Hindi mo nilagyan ng details mo 'yung notebook? Baka makonsensya hanapin ka at isauli sa 'yo,"** tanong ni Felix.

**"Meron, kaso nasa kalagitnaan pa ng notebook. Kailangan pa isa-isahin ang pahina bago niya makita,"** sagot niya at sinabunutan ang sarili.

**"Ay mahusay ka talaga!"** Inis na sabi ni Drew.

**"Ano ba pangalan no'ng babae? Subukan ko hanapin,"** sabi ni Rory at kinuha naman ni Edrix ang phone para tulungan ang kaibigan.

Huminto sa pag-atungal si Blas at parang nag-isip ng malalim bago humarap sa 'min.

**"Hindi ko alam. Hindi ko na maalala."**

Sunod-sunod siyag namura ng mga kapwa niya Ulupong. Sa halip na awa ang maramdaman sa kanya dahil sa nawalang mahalagang gamit, puro masasakit na salita ang natanggap niya.

"*Napakalandi mo kasi!*"

"*Palibhasa maganda, nagtiwala kang ipahawak ang gamit mo?*"

"*Bobo ka! Puro ka kaladian!*"

Pero nanghihinayang pa rin ako. Lagi siyang nakatututok sa notebook niya na 'yon. Kaya madalas siyang makagalitan sa klase dahil 'yon ang inaatupag niya. Minsan din silang muntik na mag-away ni Ci dahil do'n.

Napatingin kaming lahat sa bagong dating na Keifer. May dala siyang plastic bag na may lamang dalawang supot ng marshamallow, graham cracker at chocolate.

**"Here,"** sabi niya at binaba sa coffee table ang dala.

Tumabi siya sa 'kin at pinunasana ng gilid ng labi ko. Kinwento ko sa kanya ang notebook ni Blas at mga napag-usapan namin. Mukang alam na rin niya ang bagay na 'yon dahil napailing na lang siya habang naririnig ang pag-atungal no'ng isa. Inalok ko sa kanya ang hawak ko.

**"Tikman mo."**

Ginawa naman niya at kinagatan ang hawak kong s'mores.

**"That's nice."**

**"Di ba, marasap ang s'mores?"**

Umiling siya. **"No."**

**"Eh anong tinutukoy mong nice?"**

Ngumiti siya. **"To be fed by you."**

Bigla na lang sunod-sunod na nagmura ang mga Ulupong. Meron pang kuwaring nag-walk out pero bumalik din naman dahil baka maagaw ang marshmallow niya.

*Sige, mag-inarte ka.*

**"Tangina, gusto ko lang ng s'mores!"** Inis na sabi ni Blaster.

**"Sana pala sinama ko si Mica dito,"** sabi ni Calix at kinuha ang cellphone para itext ang jowa.

**"Dapat kapag malalandi hinahampas ng stick,"** parinig ni Felix habang winawasiwas ang hawak na stick sa hangin.

*Kasalanan ko bang mahihina ang lablyf niyo?*

Lintik na mga 'to. Sana dinala rin nila mga kalandian nila. Pero syempre hindi sila papayagan ni Kuya kung gano'n. Baka mainggit 'yon.

**"Ano namang natutunan mo sa mga ni-review mo? Bukod sa mga sinagutan mo."** tanong ni Keifer.

**"Marami naman, sana marami rin ako masagot sa exam,"** sagot ko.

**"Sige nga, tignan natin kung ano-ano natutunan mo,"** sabi ni Ci kaya napatingin kaming lahat sa kanya.

*Ano naman kayang naisip niya?*

Hinintay muna namin na maubos niya ang marshmallow na kinakain. Nang matapos siya, pinagpag niya pa ang kamay.

**"Game."** panimula niya. **"How many sea are in Asia?"** tanong niya.

Nag-iisip pa lang ako ng isasagot ng biglang magsalita si Drew kaya lumipat ang atensyon ng lahat sa kanya.

**"Wala."**

*Anong wala?*

Halos lahat nagtaka sa sagot niya. Nakalimutan yata niyang napapaligiran ang Pinas ng dagat at nasa loob kami ng Asia.

*Naks, ang talino ko naman bigla.*

**"Gago! Anong wala?"** Inis na sabi ni Edrix.

**"Bobo ka talaga,"** sabi ni Denzel at akmang babatukan siya.

**"Wala naman talaga! Ang spelling ng Asia, A-S-I-A. Nasan ang C do'n?"** Pagalit na paliwanag niya.

*Parang tama naman.*

Mahinang natawa si Keifer at David. Sunod-sunod namang minura ng mga Ulupong si Drew at muntik pa siyang hambalusin ni Felix ng stick na hawak.

**"Tama naman siya, wala naman C sa Asia."** Gatong ni Eren at siya naman ang sunod na pinagbuntunan.

**"Isa ka pang bobo!"** sigaw ni Kit.

**"Sea, hindi letter C? Ano ba namang . . ."** Inis na sabi ni Josh at nasampal na lang ang noo.

**"Kailangan yata nating mag-review ulit,"** sabi ni Yuri habang napapakamot sa ulo.

*Hindi niyo kinaya 'no?*

Tatawa-tawa lang ako pero kung hindi ako nag-review 'yan ang isasagot ko. Proud pa ko pagsagot ko niyan. Baka with matching smiling face pa ko at palakpak. Ako siguro ang sunod nilang masasabihan ng bobo.

Buti na lang talaga nag-review ako maayos kanina. Iba pala nagagawa ng pag-aaral ng maayos. Mas lalong tumatalino. Feeling ko kaya kong maperfect ang exam. . . *sa panaginip*.

**"Isa pa nga, magtatanong ulit ako. Pabilisan sa Math,"** sabi ni Ci at nakinig naman kami sa kanya. **"345 x 938?"**

*Gago, paano ko sasagutan 'yan ng walang calculator?*

**"Ayusin mo naman!"** reklamo ko.

**"211,240,"** sagot ni Rory at lahat naman kami nagulat.

Parang hindi kapani-paniwala na masasagot niya ng gano'n kabilis ang math. Maalam naman siya sa academics pero hindi siya ganyan kabilis sumagot.

**"Tarantado! Hindi 'yan ang sagot,"** inis na sabi ni Edrix.

**"Ang sabi niya pabilisan, hindi patamaan. Ang tanga mo talaga!"** sagot ni Rory.

*Oo nga naman. Pakahirap pa kong mag-isip ng sagot.*

Agad na inagaw ni Edrix ang stick sa kamay ni Felix at hinataw si Rory. Napatakbo naman siya dahil sa sakit at agad na humabol ang isa.

Hala, hindi na nila ko kagaya mag-isip. Ibig sabihin ba nito, level up na ang takbo ng utak ko? Echos lang, puro pa rin ako kalokohan sa isip pero kailangan ko talagang ayusin ngayon dahil hindi na biro-biro 'to. Isa pa, tama naman si Kuya sa mga sinabi niya sa 'kin.

*Sarili ko lang ang kalaban ko sa pag-aaral.*

Mas madalas ko kasing isipin ang pagkain kesa mga lesson sa school. Ayokong gamiting excuse mga nangyayari saming gulo kasi mas marami ang araw na okay kami. Marami akong pagkakataon. Pero ayoko rin namang sisihin ang sarili ko, kasi may mga bagay na hindi ko kontrol.

Siguro gano'n ang dapat kong gawin, disiplinahin muna ang sarili ko para sa mga sitwasyon na kaya kong kontrolin at para naman sa hindi ko kaya sa halip na iyakan ko isipan ko na lang ng ibang solusyon. Mag-c-college na kami, hindi ko pwedeng dalin ang ganitong ugali.

*Hala, putangina. Namamangha ako sa takbo ng isip ko. Ito ba ang adultering?*

Napatingin kami sa pinto ng marinig namin ang boses ni Sir.

**"Time to sleep,"** sabi niya habang may dalang box ng kumot at unan.

**"Tabi tayo Jay!"** sigaw ni Ci pero mabilis na kumuntro si Sir.

**"Hindi pwede, mahigpit ang bilin ni Angelo. Jay will sleep in our guest room upstairs, while the rest will sleep here."**

Pareho kaming napasibangot ni Ci. Pero mukang okay na rin dahil baka mapuyat kaming dalawa sa pagk-kwentuhan at pag-aasaran. Kailangan pa naman on time kami bukas. Hindi pwedeng ma-late dahil kasama namin si Kuya baka pati mga Ulupong awayin na rin niya.

*Wala pa namang pinipili kasungitan no'n.*

**"Pati ako?"** tanong ni Yuri habang nakaturo sa sarili.

Hinampas siya ni Keifer sa tyan. **"Malamang."**

Kanya-kanya na sila ng pag-aayos ng higaan. Dito sila matutulog sa labas. Naghanda naman ng malalaking fan si Sir at mga electric insect killer. Sandali akong tumulong sa kanila pero ng tawagin na ko ni Sir para pumasok napilitan akong magpaalam na.

Pagpasok sa loob mukang hinihintay na ko ni Ma'am Cindy. Sumunod ako sa kanya ng tawagin niya ko. Hinatid niya sa magiging kwarto ko. Kundi ako nagkakamali ito ang naging kwarto ni Keiren.

Andito na rin ang mga gamit ko.

**"Let me know if you need anything,"** sabi ni Ma'am Cindy.

Nagpasalamat ako sa kanya at kinuha na ang mga gamit ko para makaligo. Meron sariling CR ang kwarto kaya hindi ko na kailangang lumabas. Natawa ako ng may makita akong mga laruang pangbata sa bath tub.

Matapos gawin ang aking pangbanyong ritwal . . . *Lalim naman sa ritwal.* Parang magkukulam lang ang datingan.

*Hello, ako nga pala si Barakuda.*

Inayos ko na ang higaan ko. Kinuha ko pa ang cellphone ko para mag-chat sa gc ng mga Ulupong at mag-goodnight sa kanila. Dala na rin siguro ng pagod kusa akong nakatulog kahit hindi ko pa naayos ang kumot ko at napapatay ang ilaw.

May ilang oras na siguro akong nakapikit ng maalimpungatan ako. Naramdaman ko ang kumot ko inaayos ng kung sino. Sinubukan kong dumilat pero madilim na sa loob ng kwarto. Tapos no'n ay iniwan na ko.

Babalik na sana ako sa pagtulog ng marinig ko ang boses ni Sir Alvin at Kuya Angelo.

**"She's asleep,"** sabi ni Kuya.

**"Congratulate her when she wakes up. Nagawa niyang mag-aral ng mabuti,"** sabi ni Sir.

**"Praising her is like praising the fish for swimming."**

*Ano daw?*

Napasibangot ako, hindi ko kasi naintindihan. Pero malinaw sa 'kin na ayaw niya kong i-congratulate kagaya ng sinasabi ni Sir sa kanya. Ang hirap niyang i-please. Gusto ko lang naman maramdaman na kahit papano masaya siyang malaman na nagawa ko mag-aral ng maayos.

**"Still, she works hard. She deserve to be congratulate."** Boses ni Ma'am Cindy na tingin ko ay palapit sa kanila dahil sa yabag na naririnig ko. **"Wag nga kayo diyan mag-usap. Baka magising ang bata."** Dagdag niya pa.

**"Whatever,"** sagot lang ni Kuya sa kanila at mukang naglakad na siya paalis. **"Sa salas ako matutulog. Meron akong babantayan baka biglang makarating sa guest room ng hindi ko alam."**

*Sino naman 'yun?*

Nasa guest room ako. Iniisip ba niyang papasukin ako dito habang tulog? Sino naman ang gagawa no'n?

Hindi ko maiwasang isipin si Kuya Angelo. Tama nga si Percy parang sa ginagawa niya pinapalayo lang niya ko sa kanya. Hindi ko naman iniisip na layuan siya pero parang bawat kilos niya nagkakaroon ng mataas na pader sa pagitan namin.

*Kailangan na talaga niya ng magpapasaya sa kanya. Tumatanda na siya.*

Nabalik na naman ako pagtulog. Mukang napahimbing ako dahil umaga na ng magising ako at naririnig ko na ang boses ng mga Ulupong.

**"Ayoko mag-jogging!"** reklamo ni Ci-N na parang nagdadabog.

**"All of you, get out now. Mag-exercise kayo!"** sigaw ni Ma'am Cindy sa kanila.

**"Can I at least say good morning to Jay-Jay?"** tanong ni Keifer.

**"Hindi."** Mabilis na sagot ni Ma'am.

Maraming reklamo pa kong naririnig mula sa ibang Ulupong. Mulang pinipilit sila na mag-exercise sa labas ng bahay. Alam kong hindi mahilig kumilos sa umaga ang karamihan sa kanila. Sa school nga lang mga ayaw gumalaw kapag klase namin kay Sir.

Napabangon ako ng marinig ko ang pag-sara ng pinto at pagtahimik nila. Mukang nasa labas na silang lahat. Dumiretso ako sa banyo para maghilamos at mag-ayos. Nanguha rin ako ng pamalit na damit. Balak kong humabol sa kanila.

Pagkatapos ko patakbo akong dumiretso sa kusina para uminom ng tubig. Napahinto pa ko ng makita si Sir at Kuya na umiinom ng kape habang nag-uusap.

**"Good morning,"** bati sa 'kin ni Sir Alvin.

Binati ko rin siya at ang pinsan ko kahit hindi pa rin humuhupa ang sama ng loob ko sa kanya. Pagka-inom ng tubig dali-dali akong tumakbo palabas para habulin ang mga kaibigan ko. Iisa lang naman ang daan dito kaya alam kong do'n lang din ang tinahak nila.

Kaso mukang malayo na narating nila dahil hindi ko na sila matanaw. Tumakbo lang ako ng tumakbo hanggang sa hingalin ako. Dapat yata nag-almusal muna ako. Nagwawala na ang alaga sa tyan ko.

*Kumalma ka. Mamaya pa ang almusal.*

Nagpahinga ako sa sandali. Nang makabawi na ko ng lakas tsaka naman ako tumakbo ulit. Ang bilis naman ng mga Ulupong na 'yon at hindi ko na sila maabutan.

Natigilan ako ng may matanaw akong sasakyang parating. Mukang pick up truck at maraming sakay sa likod.

*Baka 'yan na sila.*

Kaya pala ang bibilis nag-service na pala ang mga loko. Asan ang exercise do'n?

Tumigil sila hindi kalayuan sa kinatatayuan ko. Lalapit na sana ako pero natigilan ako ng magbabaan ang mga sakay. Hindi sila ang mga kaibigan ko. Hindi balot ng tattoo ang mga Ulupong. Hindi rin sila trying hard maging cool. At mas lalong hindi mukang gusgusin.

Tuluyan akong binalot ng kaba ng bumaba mula sa shotgun seat ang isang pamilyar na tao.

Alam kong malaki ang galit niya sa 'kin. Mukang andito siya para bawian ako.

*Si Ram na walang jam.*

**"Sweet,"** sabi niya at ngumiti.

Unti-unti akong napaatras. Dapat na kong tumakbo pero parang nanginginig ang tuhod ko.

**"Hindi mo ba ko babatiin? Don't you miss me?"** Mapang-asar na tanong niya. **"Baka naman nakalimutan mo na ko?"**

Hindi ako makasagot. Gusto kong sumigaw para humingi ng tulong pero nanginginig ako at parang may nakasakal sa 'kin. Pwede akong lumaban pero hindi ko kakayanin ang mga kasama niya.

May kinuha ang isa sa kanila sa likod ng truck. Naglambot ako ng makita ang isang bag na baseball bat, tubo at kahoy.

Walang oras para tumunganga. Hindi ko kakayanin ang mga 'yan. Nag-iisa lang ako.

*Keifer.*

**"Bakit mo naman ako kinalimutan?"** Nagtatampong tanong ni Ram. **"Ako, hindi kita kinalimutan."** Tinuro niya ang ilong. **"Nabasag ang ilong ko."** Suno niyang tinuro ang ngipin. **"I lost my front teeth."** Tinuro niya ang isang mata. **"Muntik na ring mabulag ang isang mata ko, lahat 'yon dahil sa 'yo."**

Parang hindi naman halata. Ganon pa rin naman ang itsura niya sa paningin ko ng huling beses ko siyang makita. Hindi nga lang ito ang tamang oras para pagmasdan ko siya.

**"Ito na 'yon? Isang babae lang? Tinawag mo kaming lahat para sa isang babae?"** Iritang tanong ng isa sa kanila at tinuro ako gamit ang tubo.

Tumawa si Ram. **"That's Keifer's girl. Akala ko ba gusto mo siyang gantihan? This is your chance."**

Umiling-iling 'yung lalaki. **"Hindi ako nananakit ng babae. Pero para makaganti kay Keifer? Dudurugin ko ang muka nyan."**

*Putangina, wag gano'n. Walang durugan ng muka.*

Napalunok ako. Umatras ulit ako. Kailangan kong makaisip ng paraan, hindi pwedeng basta ko lang sila takbuhan. Wala ang mga Ulupong dito. Hindi ko alam kung gaano na sila kalayo pero palihim akong nagdarasal na sana bumalik na sila.

Pwede akong tumakbo pabalik sa bahay pero anong laban nila Kuya Angelo at Sir Alvin sa ganito karami. Pero sila lang ang option ko ngayon.

**"Aw, namumutla siya,"** sabi ni Ram na kuwaring naaawa sa 'kin.

Nagtawanan naman ang mga kasama niya. Makaisip lang ako paraan, babalik ka sa ospital.

Humakbang si Ram palapit sa 'kin kaya napaatras ako. Huminto siya at nagtawanan naman sila. Sibukan ulit niyang lumapit pero sa pagkakataon na 'to, tumakbo na ko pabalik sa bahay.

Narinig ko ulit ang malakas na tawanan nila pero kasunod no'n ang mga yabang nila kaya alam kong tumatakbo rin sila palapit sa 'kin. Binilisan ko pa ang pagtakbo ko. Hindi nakakatulong na walan laman ang tyan ko.

*Mahalaga talaga ang almusal sa umaga.*

Hindi ako makalingon para silipin sila pero randam ko ang paglapit nila. Tumama ang hinala ko ng marinig ko ang isa sa kanila.

**"Bilis pa! Maabutan ka na namin!"** sigaw niya at naghiyawan sila.

Hindi ko alam kung kakayanin ko pa. Alam kong maabutan na ko. Kaya wala akong choice kundi ang sumigaw kahit hindi ako sigurado kung may makakarinig ba sa 'kin.

**"KUYA! TULONG!"**

Mali ang ginawa ko. Lalo akong hiningal dahil sa pagsigaw ko. Mas lalo akong napagod. Dapat yata nilaan ko na lang ang lakas ko sa pagtakbo.

Natatanaw ko na ang bahay ni Sir Alvin. Kahit alam kong hindi ko dapat sila dinala dito wala akong pagpipilian. Hingal na hingal na ko pero sumigaw pa ulit ako.

**"KUYAAA!"**

*Marinig mo sana ako.*

Balak ko na sanang huminto sa pagtakbo dahil sa paninikip ng dibdib ko pero ng matanaw ko si Kuya at Sir sa harap ng bahay nagkaroon ako ng pag-asa. Mas binilisan ko pa na para bang nakadipende sa pagtakbo ang buhay ko.

**"Jay!"** Galit na tawag sa 'kin ng pinsan ko.

Mangiyak-ngiyak ako ng makalapit sa kanya at magtago sa likod niya.

**"Kuya, si Ram."** Sumbong ko.

Hinarap niya ang grupo ni Ram na huminto may kalayuan sa kinatatayuan namin.

**"Leave!"** sigaw ni Sir Alvin sa kanila. **"This is a private property."**

Parang ibang tao ang teacher ko dahil sa paraan ng pagsasalita niya. Muka rin siyang mananakit kapag nagkamali ng galaw ang mga kaharap namin.

*Dati nga rin pala siyang Section E.*

**"Makukulong kami? Might as well go to jail for the right reason. . . murder."** Tinuro ako ni Ram.

Mahigpit akong napahawak sa shirt ni Kuya. Hinarang niya ang isang braso niya sa 'kin.

**"Get inside and lock yourself in guest room,"** bulong ng pinsan ko sa 'kin. **"Now."**

Pinilit kong pagalawin ang tuhod ko kahit nanginginig ako. Tumakbo ako papasok ng bahay at sa pagsara ko ng pinto narinig ko ang sunod-sunod na pagmumura at pagtama ng mga tubo at baseball bat.

Gusto kong huminto at tignan pero kinakain ako ng takot. Dumiretso ako sa guest room at sinara ang pinto kagaya ng utos ni Kuya. Hinanap ko rin ang cellphone ko.

Agad kong tinawagan si Keifer pero check operating service lang ang sagot na narinig ko.

*Wala akong load. Mahusay!*

Sa group chat na lang ako nagpadala ng message. Nanginginig ang kamay ko kaya hindi ko alam kung tama ba ang mga pinipindot ko. Nasend ko ang message pero naphinto ako ng may marinig akong boses mula sa labas ng pinto ng kwarto.

**"Isa-isahin na lang natin ang mga kwarto."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 376

**A/N:** Hello Tropa, promote ko lang 'yung relaunch naming Podcast;

Titled "The Other What If" is an AU story of AMNSE.

Sana pakinggan niyo. Maraming salamat.

**Cry blood**

***Jay-Jay's POV***

Nakapasok ba sila? Anong nangyari sa pinsan ko at kay Sir Alvin? Napabagsak ba sila? Baka may nangyari ng masama sa kanila?

*Nasan na ba ang mga Ulupong?*

Malalim ang bawat paghinga ko. Hindi ko alam kung anong sunod kong dapat gawin. Meron dapat akong gawin. Dapat akong kumilos pero blangko ang utak ko.

**"Bilis! Habang abala sila sa labas!"** sigaw ng isa sa kanila.

Nabitawan ko ang cellphone ko ng marinig ko ang pagpihit ng doorknob. Hindi ko na-lock.

*Dapat mong i-lock ang pinto.*

Ang shunga ko! Sa sobrang taranta ko hindi ko napansin ko na hindi ko na-lock kagaya ng bilin ni Kuya Angelo.

Bumukas ang pinto at bumungad sa 'kin ang tatlong lalaki na puro tattoo sa braso at leeg. Matatangkad sila kagaya ng mga Ulupong pero mas malaki ang mga katawan nila. Halatang mga batak sa gulo.

**"Andito siya,"** sabi ng isa at malapad ang ngiti ng mga kasama niya.

Dahan-dahan silang pumasok habang pinagmamasdan ang kabuuan ng kwarto.

**"Sabi ni Ram, lumpuhin daw natin at balian ng braso para hindi makalaban. Basta ihatid natin ng buhay sa kanya."**

*Tangina. Papatayin na lang ako gusto pa kong pahirapan.*

Nagtawanan sila at sa paglingon ng isa sa kanila hinataw niya sa 'kin baseball bat na hawak. Nakaiwas ako sa pag-atras. Agad ko ring dinampot ang bangko malapit sa 'kin. Hindi ako babagsak ng hindi lumalaban.

**"Totoo nga, lumalaban nga."**

Umatras ako habang hawak ang bangko at sila naman ang unti-unting lumapit. Kaya ko pa naman lumaban. Hindi ko nga lang alam kung kaya kong lumaban sa kagaya nila.

Agad na sumugod ang isa, pero bago pa niya mawasiwas ang hawak binato ko na sa kanya ang bangko at buong lakas siyang tinadyakan sa tyan. Bago bumagsak tumama ang likod niya sa study table. Malakas siyang napadaing at mukang napuruhan siya.

Nagalit ang dalawang natitira sa 'kin at sunod-sunod akong minura. Sabay pa nilang inihampas sa 'kin ang mga hawak pero nakalayo kagad ako. Binato ko ang sunod na gamit na mahawakan ko, hindi ko nga lang namalayan kung ano-ano 'yon.

Nakakahiya dahil hindi ko naman gamit ang mga 'to. Papalitan o babayaran ko na lang siguro kina Sir at Ma'am pagkatapos ng gulong 'to.

Tinamaan ang isa sa muka pero hindi ko napansin ang paglapit ng isa. Naramdaman ko na lang ang tama ng likod ko sa pader at kamay niya sa leeg ko. Hindi makita ng maayos ang pwesto niya kaya sumipa na lang ako ng sumipa nagbabaka sakali na may matamaan ako. Hindi naman ako nabigo dahil tinamaan ang binti niya kaya nabitawan niya ko.

Kahit nahihirapang huminga, lumayo kagad ako sa kanya. Nawala nga lang sa isip ko na meron pa pala siyang mga kasama. Nakabangon na ulit ang tinamaan ko sa muka at akmang babawi sa 'kin pero sinuntok ko na kagad siya bago damputin ang nakita kong tobo sa sahig. Hinampas ko sa kanya 'yon at mabilis na tumakbo palabas.

*Kailangan ko puntahan si Kuya.*

Napahinto ako. Hindi ko siya pwedeng puntahan. Kung napabagsak na nga siya ng grupo ni Ram kagaya ng iniisip ko, sinong hihingi ng tulong para sa kanya. Kailangan makaalis ako dito para makahingi ng tulong. Mas makakatulong ako sa ganoong paraan dahil wala naman akong laban sa mga kalaban.

Tumakbo ako papunta sa likod ng bahay. Inakyat ko ang maliit na bakod nila para makaalis. Nakita ko pa ang panibagong grupo na pumasok mula sa likod ng bahay. Mukang hiwalay na grupo sila sa mga nasa harap at mga nakapasok na kanina sa bahay. Pasalamat na lang ako at hindi nila ko napansin.

Nakababa ako sa kabilang bahagi at tumakbo. Matalahib nga lang at matataas ang damo. Hindi ko makita ng maayos ang daan kaya may ilang beses akong natisod at muntik ng madapa.

*Bakit ba kasi sa bundok pa naisipang magpatayo ng bahay nina Sir?*

Napahinto ako ng marinig ko ang boses ni Kuya Angelo na tinatawag ang pangalan ko. Nilingon ko ang paligid ko pero hindi ko siya matanaw.

**"JAY!"**

Alam kong si Kuya 'yon. Alam kong boses niya 'yon pero nasan siya? Ibig sabihin ba hindi siya nasaktan? Anong nangyari kina Ram? Naguguluhan ako pero mas mabuti kung mapuntahan ko siya.

Sinubukan kong sundan ang pinanggalingan ng boses niya pero dahil sa mga damo at halaman na nakaharang sa daan nadapa ako at tuloy-tuloy na bumagsak.

*Ka-shunga naman!*

Balak ko na sanang tumayo at hanapin ulit si Kuya pero may narinig akong mga boses hindi kalayuan sa 'kin.

**"TANGA! HANAPIN NIYO!"**

Natakpan ko ang bibig ko. Hindi ako pwedeng basta tumayo, mabilis nila kong makikita. Hindi ako pwedeng sumigaw para tawagin si Kuya dahil baka mauna pa nila akong mahanap. Dapat akong makaalis dito ng hindi nila namamalayan.

Kahit masakit ang tuhod at siko ko, pinilit kong gumapang palayo. Dahan-dahan din ang pagtaas ng ulo ko para silipin kung may malapit ba na tao sa 'kin. May iilan akong natanaw kaya yumuko ulit ako at gumapang.

**"PARATING NA SILA KEIFER! BILISAN NIYONG MAGHANAP!"**

*Parating na ang mga Ulupong!*

Nadinig ang panalangin ko. Para akong nabunutan ng tinik ng marinig ko 'yon, pero hindi ako pwedeng magpakampante.

Gumapang ulit ako at ng may makita akong malaking puno tsaka ako tumayo at nagtago do'n. Sandali ko pa silang sinilip bago maghanap ng panibagong puno na pagtataguan.

Laking pasasalamat ko at hindi nila ko nakikita. Nakalayo ako sa kanila at akmang lilipat sa panibagong puno ng may humawak sa 'kin at takpan ang bibig ko.

Nanlaki ang mga mata ko ng makaamoy ako ng sariwang dugo. Nagpapasag ako para lang makabitaw siya.

**"Jay, ako 'to,"** bulong ng humawak sa 'kin.

Boses ni Kuya. Tumingala ako at nagkasalubong kami ng tingin. Binitiwan niya ako at tsaka nagsimulang bumaliktad ang sikmura ko dahil sa amoy ng dugo. Napaatras ako habang takot na hinahanap ang pinanggalingan no'n.

**"S-Saan galing a-ang dugo?"** tanong ko na mabilis ding nasagot ng makita ko ang tagiliran niya.

**"Daplis lang. Tarantado pala makipaglaban ang Ram na 'yun,"** sabi niya habang tinatanaw ang paligid.

Hindi ko magawang alisin ang paningin ko sa tagiliran niya. Para akong nahihirapang huminga.

*Bakit parang may sumasakal sa 'kin.*

**"I need to find a place to hide you, then I will go back to help Alvin."**

Napaupo ako dahil sa hilo. Natigilan si Kuya pero ng may marinig kaming boses agad niyang hinawakan ang kamay ko at hinatak ako palayo. Hindi ko magawang magreklamo dahil sa nararamdaman ko.

**"Hindi lang iisang grupo ang dala ni Ram. He also escape from my hand after attempting to stab me."**

Hindi ko alam kung gaano na kami kalayo sa bahay pero nahihirapan na kong huminga. Idagdag pang ang bilis ng kilos ng pinsan ko. Hindi gumagana ng maayos ang isip ko dahil sa dugo niyang umaagos.

*Gusto kong sumuka.*

Bigla siyang huminto. Akala ko pwede na kaming magpahinga pero natigilan kami pareho ng may sumalubong sa 'min. Pinangungunahan ni Ram na may dugo pa ang mga kamay habang hawak ang kutsilyo.

Mas lalo akong nataranta. Bakit ang dami kong nakikitang dugo?

Ngumiti siya sa 'min. **"I just realize who you are,"** sabi niya kay Kuya habang tinuturo siya gamit ang hawak. **"You are Angelo, a fvcking legend."**

**"Kaya pala napabagsak ang mga kasama natin,"** sabi ng isa sa kasama niya.

**"Too bad, we outsmarted you."** Mayabang na sabi ni Ram at tumawa.

Nahihirapan akong intindihin ang nangyayari. Ramdam ko ang pagpapawis ng muka at leeg ko. Nasa tagiliran pa rin ni Kuya ang paningin ko. Lalong bumibigat ang paghinga ko at habang abala sila kusa na lang akong napaupo.

Gusto kong lumayo. Ayokong makakita ng dugo. Ayoko sa dugo.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko, nagsisimula ng kumirot ang dibdib ko.

**"Jay, you need to hide,"** sabi ni Kuya.

Kusa akong napaatras habang gulong gulo sa nangyayari. Hindi ako makakilos ng maayos. Alam kong dapat akong kumilos pero parang ayaw sumunod ng katawan ko. Pinipilit kong huminga ng malalim.

*Ano bang nangyayari sa 'kin?*

**"JAY! I SAID HIDE!"** sigaw ng pinsan ko.

Hindi ko namalayan na sumugod na pala ang grupo ni Ram. Kinuha ko ang pagkakataon para lumayo sa kanila, pilit akong tumayo at akmang tatakbo ng may biglang humablot sa buhok ko.

**"Where do you think you're going?"**

Lalo akong nahirapang huminga at kusa na ring umagos ang mga luha ko. Itinutok ni Ram ang hawak na kutsilyo sa muka ko. Tumawa siya ng makitang hindi ako makalaban.

*Keifer.*

Sinubukan niya kong kaladkarin pero dahil nahihirapan akong kumilos nahirapan siyang hatakin ako. Diniin niya pa ang pagkakasabunot sa buhok ko kaya napasigaw na ko.

**"Sumunod ka! Aabangan natin si Keifer!"**

Pilit akong naghahanap ng taong pwedeng tumulong sa 'kin pero dahil sa panlalabo ng paningin ko wala akong makita. Dahil na rin sa panlalabot ng tuhod ko kaya bumagsak na naman ako. Sunod-sunod ang pagmumura ni Ram pero natahimik siya at napabitaw na lang bigla.

Nang iangat ko ang paningin ko nasa harap ko na si Kuya Angelo. Pilit niya kong tinatakpan at pasimpleng inaabot sa 'kin ang kamay niya habang nakatalikod sa'kin.

**"Get up Jay,"** bulong niya.

Sa halip na tanggapin ko ang kamay niya napasigaw ako ng makita ko ang umaagos na dugo. Agad akong lumayo sa kanya habang pilit humahagilap ng hangin.

*Ilayo niyo ko dito!*

Lumingon sa 'kin ang pinsan ko pero naging dahilan 'yon para sumugod ang mga natitirang kasama ni Ram. Mag-isang nilaban ni Kuya ang apat na lalaking may hawak na tubog at kahoy. Ilang beses siyang tinamaan at napaluhod pero agad siyang bumabawi.

**"PUTANGINA MO! WAG MO KAMING PAHIRAPAN!"**

Kinuha ni Ram ang pagkakataon para sugurin na naman ako pero humarang ulit si Kuya. Sa galit ni Ram winasiwas niya ang hawak na kutsilyo at tinamaan ang pinsan ko. Napasigaw ako ng tumalsik ang dugo niya sa harap ko. Pilit akong gumapang paatras at palayo sa kanila.

*Tulungan niyo ko! Keifer!*

**"Yan na 'yon!"** sigaw ng isa sa kanila.

Panibagong paghataw na naman ng mga hawak nila ang ginawa nila. Sumasabay si Ram ng pagsasak sa pinsan ko. May lang beses siyang nadaplisan pero tuloy lang siya sa pagharang sa 'kin para hindi sila makalapit.

**"TANGINA MO! MAMATAY KA NA!"** sigaw ng isa sa kanila.

Napasandal ako sa isang puno. Kumikirot ang dibdib ko sa sobrang sikip. Tileral akong nahihirapang huminga at hindi na makakilos ng maayos.

*Keifer! Nasan ka?*

Gusto kong sumigaw ng sobrang lakas. Gusto kong isigaw ang nasa loob ng dibdib ko.

Dalawa na lang ang kaharap ni Kuya, tinangka na naman ni Ram na lapitan ako pero humarang na naman ang pinsan ko. Akmang papatamaan ng isa sa ulo ang pinsan ko pero nakailag siya. Sa kasamaang palad ginamit ni Ram ang pagkakataon para saksakin ang pinsan ko sa leeg.

*TINAMAAN SIYA!*

Natakpan ko ang  muka ko sa takot. Mapapatay nila si Kuya Angelo. Sinubukan kong tawagin ang pangalan niya pero walang lumalabas sa bibig ko kundi mahihinang sigaw.

*TULUNGAN NIYO KAMI! TULUNGAN NIYO ANG PINSAN KO!*

**"Jay!"** sigaw ni Kuya ang pangalan ko.

Nang iangat ko ang muka ko nakaluhod siya sa harap ni Ram. Hawak niya ang gilid ng leeg niya na mahinang umaagos ang dugo. Bagsak na ang isang lalaking isa sa huling kaharap niya.

**"Buhay pa ko. We're not yet done,"** sabi niya kay Ram.

Halatang pagod na rin si Ram dahil sa malalim na pahinga. Tumutulo pa ang dugo sa kutsilyo niya habang unti-unting sumisilay ang ngiti sa labi niya. Hindi ko alam kung namamangha ba siya dahil nakakayanan pa rin ng pinsan ko sa kabila ng mga natamo niya o balak na niyang tapusin ang kaharap.

**"Tangina, mas mahirap kang patumbahin kumpara kay Keifer,"** sabi ni Ram pero bakas ang inis sa tono niya.

Tinignan niya ang hawak na kutsilyo at pinagmasdan si Kuya. Nakutuban ko kagad ang susunod na gagawin niya pero dahil sa kawalan ng lakas napasigaw lang ako.

Tinangka niyang saksakin ang pinsan ko sa ulo pero bigla na lang siyang sinuntok sa tagiliran. Malakas ang pagkakasuntok sa kanya at mukang nabali ang tadyang niya dahil sa bigla niyang pagbagsak at pamamalipit sa sakit.

**"I just rest to give you that blow."**

Walang magawa si Ram kundi ang mamalipit at sumigaw sa sakit. Tumayo ang pinsan ko at nilapitan siya.

**"You should have stayed at the hospital,"** sabi niya at tinadyakan si Ram sa sikmura.

May ilang beses din niyang tinarget ang dibdib at tagiliran nito bago niya bigyan ng malakas na suntok sa muka. Nawalan ng malay si Ram. Kung titignan siya para siyang patay pero nakita ko pang gumalaw ang mga daliri niya.

Nagpahinga sandali ang pinsan ko. Malalim ang paghinga niya at sandaling kinapa ang sugat sa leeg. Tinignan din niya ang kabilang braso at kamay na meron din mga sugat at dugo. Tumayo siya at huminga ng malalim.

Nahihirapan pa rin ako sa sitwasyon ko, mas lalong akong nahirapan ng lumala ang pagsikip ng dibdib ko at manlabo sa pagkahilo ang paningin ko. Para na rin akong mabibingi. Sa bawat pagtibok ng puso ko ang pagsabay ng dilim sa paningin ko. Pinilit kong idilit ang mga mata ko kaya may nakikita pa ko pero parang nagtatalo naman ang liwanag.

**"Bumalik na tayo sa bahay,"** sabi ni Kuya Angelo. **"I know Alvin is done beating the others."**

Unti-unting humarap sa 'kin si Kuya pero sa hindi ko maintindihan na dahilan unti-unti rin siyang naging iba tao sa paningin ko.

Galit na muka, umaagos ang dugo mula leeg pababa ng katawan, hirap sa paghinga, sa 'kin nakatingin at unti-unting naglalakad palapit.

*Anong 'tong nakikita ko?*

Kinain ng takot ang buong katawan ko. Hindi ko siya kilala pero parang alam ng buong katawan ko kung sino siya. May naririnig din akong boses ng babae pero malabo.

**"S-Sino ka?"** takot na tanong ko.

Napaatras ako ng humakbang siya palapit sa 'kin.

**"Sino ka? W-Wag kang lalapit!"**

Napaka-pamilyar ng sitwasyon. Alam kong nangyari na 'to pero bakit hindi ko maalala?

Lalo akong natakot ng humakbang na naman siya palapit. Pinilit akong umatras pero dahil sa puno sa likod ko hindi ako makaalis. Nagpapadyak ako habang pilit hinawakan ang dibdib kong naninikip.

Hindi ako makilos. Daig ko pa ang asong may kadena sa leeg. Pakiramdam ko buong katawan ko ang nakatali at pinipigilan akong huminga ng maayos.

**"Lumayo ka!"** sigaw ko kasabay ng pag-iyak.

Unti-unting nagiging malinaw sa 'kin ang boses ng babae. Pamilyar. Sobrang pamilyar ng boses. Inikot ko ang paningin ko para hanapin. Sa bawat pagdilim ng paningin ko ang pagbabago ng paligid ko pero bumabalik pa rin sa kasalukuyang kinalulugaran ko.

*Anong nangyayari sa 'kin?*

Napatingin ako sa likod ng lalaki. Isang babae ang duguan at sugatan ang nakadapa at pilit akong inaabot. Kilala ko siya. Alam kong kilala ko siya.

*SI MAMA!*

"*TAKBO . . .* "

Meron siyang gustong sabihin pero nahihirapan akong intindihin siya.

Alam kong si Mama siya. Nakita ko na ang sitwasyon na 'to no'n.

"*. . . ANAK . . . TAK . . . BO!*"

Nang maintindihan ko ang gusto niyang sabihin, inangat ko ang paningin ko. Nagulat ako ng makitang nasa harap ko na ang lalaki. Galit na galit siya at alam kong gusto niya kong saktan.

**"PAPATAYIN KO KAYONG MAG-INA!"**

Malakas akong napasigaw kasunod ng pagpapadyak. Ang kaninang naipon sa dibdib ko naisigaw ko ng buong lakas. Pinilit kong lumaban at makailang beses magpakawala ng suntok pero hindi makita kung tinatamaan ba siya.

*Kung sino ka man, umalis ka!*

**"LUMAYO KA SA 'KIN!"** sigaw ko habang umaagos ang mga luha ko.

Hindi ko alam kung paano didipensahan ang sarili ko. Ang alam kong lang hindi dapat niya ko masaktan. Hindi ako dapat mamatay sa mga kamay niya. Hindi rin dapat niya ko mahawakan.

*Hindi ko dapat siya hayaan.*

Hindi ko alam kung gaano na katagal lumalaban sa kanya pero pakiramdam ko sobrang tagal na. Parang ilang oras na pero hindi naman siya tinatablan. Kapag tumigil ako paniguradong papatayin niya ko.

**"LAYUAN MO KO!"**

Bigla na lang may yumakap sa 'kin sakop ang dalawang braso ko dahilan para hindi ako makakilos. Lalo akong nataranta at natakot.

*Nahawakan niya ko!*

**"Jay-Jay!"**

Sigaw lang ako ng sigaw habang pilit pumapadyak at kumakawala sa may hawak sa 'kin.

**"Jay-Jay!"**

Ilang beses pang may tumawag sa pangalan ko bago ko napansin na pamilyar ang boses niya. *Keifer?*

**"Jasper Jean open your eyes!"**

**"Listen to me, open your eyes!"**

**"Jay, please listen!"**

Dinilat ko ang mga mata ko kagaya ng pakiusap ng naririnig ko at ang muka ni Keifer ang bumungad sa 'kin. Kakaiba sa pakiramdam na nakikita ko na siya. Gusto kong umiyak ng malakas sa bisig niya pero hindi pa pwede.

*Bakit ngayon ka lang?*

**"ILAYO MO KO DITO! PAPATAYIN NIYA KO!"** sigaw ko at sinubukang kumawala sa kanya.

**"Calm down! Wala ng mananakit sa 'yo!"**

Pero hindi ko siya pinakinggan. Humagulgol pa rin ako ng iyak at pilit tumatakas sa bisig niya.

**"Anong nangyayari kay Jay-Jay?"**

**"Buhusan kaya natin tubig? Baka kumalma."**

**"Tanga! Nagpa-panic bubuhusan mo ng tubig?"**

Unti-unti kong naintindihan na andito na sila. Andito na sila Keifer at mga kaibigan ko.

*Ligtas na ba ko?*

**"Calm down Jay, andito na ko. Andito na kami,"** sabi ni Keifer.

Humahagulgol pa rin ako ng iyak pero unti-unti akong huminto sa pagpupumiglas. Parang lullaby na pa-ulit-ulit na sinasabi ni Keifer na kumalma ako at andito na sila. Masakit sa dibdib, nahihirapan pa rin ako at natatakot pero alam kong nasa tabi ko na siya.

**"Wala ng mananakit sa 'yo."**

*Wala na.*

Matagal bago ako tuluyang kumalma kaya matagal bago niya ko bitawan. Umiiyak akong yumakap sa Hari ng mga Ulupong. Gusto kong magsumbong sa kanya. Gusto kong sabihin lahat ng nangyari. Gusto ko ring magalit sa kanila kung bakit ang tagal nila.

Pero mas gusto kong iiyak ang lahat dahil sa wakas andito na sila.

*Bakit kasi ang tagal?*

**"Sshhh... You have nothing to be afraid of."**

**"Bakit ngayon lang kayo?"**

Hinalikan niya ko sa gilid ng ulo. **"I'm so sorry, inuna naming tulungan si Sir Alvin. Akala namin nasa loob ka ng bahay."**

**"Wag niyo na kong iwan ulit, please,"** pakiusap ko.

Humigpit ang yakap niya sa 'kin. **"I won't."**

Nanginginig pa rin ako sa takot at nahihirapang huminga pero kahit papano unti-unti akong kumakalma.

*Basta dito lang siya sa tabi ko.*

**"I need help, kailangan natin mailipat si Angelo sa bahay."** Dinig kong sabi ni Yuri kaya napatingin kami sa kanya.

Mabilis akong nag-alala ng makita kong walang malay si Kuya. Marami pa rin siyang dugo kagaya kanina bago ako . . . *bago ako? bago . . . ko . . . makita ang isang lalaking hindi ko kilala.*

*Sino ang nakita ko kanina? Bakit nakita ko rin si Mama?*

**"I think we should bring him to the hospital,"** sabi ni David at pumwesto para tulungan si Yuri na mabuhat si Kuya.

Tumulong din ang ibang Ulupong na kasama nila kagaya ni Felix, Rory at Edrix.

**"A-Anong nangyari kay Kuya? Ako ba may gawa niyan?"** Takot na tanong ko.

Tumayo si Keifer at nabigla ako ng buhatin niya ko. Napakapit ako sa kanya ng mahigpit.

**"Si Keifer kamo, binanatan ang pinsan mo mula sa likod."** Sumbong ni Rory at narinig ko ang mahinang pagtawa ni Felix at Edrix.

*Ehh bakit?*

**"Minsan kasi kumalma ka,"** sermon ni Yuri.

**"Tss. Malay ko ba? Akala ko kalaban siya and he's doing inappropriate things to Jay-Jay."** Nakasimangot na paliwanag ng Hari.

Binanatan niya si Kuya dahil akala niya ibang tao siya. Tingin ko kasalanan ko dahil pagsigaw at pagwawala ko. Takot na takot ako dahil sa lalaking nakita ko.

Hinang hina ako at nanlalambot. Masikip pa rin ang dibdib ko at mahinang umiiyak. Ang kaninang pagkahilo ay napalitan ng antok.

*Gusto kong pumikit.*

**"Jay?"** Tawag sa 'kin ni Keifer pero hindi ako makasagot. **"Hey, hey, don't close your eyes."**

Kahit gusto ko siyang sundin hindi ko magawa. Sobrang pagod na ng katawan ko at bukod don parang nilalamig din ako.

**"Bilisan mo! Dalhin mo na siya sa bahay!"** sigaw ni David kay Keifer na mabilis naman niyang ginawa.

Ramdam ko ang pagtakbo ni Keifer pero hindi ko na nagawang malaman kung nakarating ba siya sa bahay dahil sa tuluyang pagkawalan ko ng malay.

*Gusto ko lang talagang matulog.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 377

**A/N:** Enjoy reading.

**Traitor**

***Jay-Jay's POV***

**"Ma, paglaki ko bibili kita malaking bahay . . ."**

**"*Palakas ka muna katawan lagi ka may sakit.*"**

*Sino 'yon? Sino 'yung nag-uusap?*

May naririnig akong boses at pa-unti-unting nagkakaroon ng imahe. May babae sa tabi ko na nagpa-plantsa ng damit. Pinagmasdan ko siyang mabuti hanggang sa nagkaroon siya ng muka sa paningin ko.

*Mama?*

Sinubukan kong tignan ang paligid ko pero malabo. Tinignan ko ang nasa harapan ko at ang hilera ng mga damit ang una kong nakita. Napatitig ako sa iisang damit na paulit-ulit kong tinutupi.

*Sandali? Bakit kusang gumagalaw ang mga kamay ko?*

Tinignan ko ulit si Mama at natigilan ako ng makita ko ang mga pasa niya sa muka at balikat. Sandali siyang tumingin sa 'kin at ngumiti na para bang walang marka sa muka niya.

Sinubukan kong magsalita pero walang lumalabas sa bibig ko.

*Bakit ganito?*

**"*Jeana!*"** tawag ng boses lalaki kay Mama.

Nakatayo siya sa pinto pero dahil sa liwanag sa likod niya hindi ko makita ang muka niya. Tumigil si Mama sa ginagawa niya at inasikaso ang lalaki. Naglakad siya papalapit sa 'kin pero bago ko pa man makita ng tuluyan ang muka niya bigla na lang nagdilim ang paligid.

*Panaginip ba 'to?*

Unti-unti kong dinilat ang mga mata ko at si Keifer ang una kong nakita. Mukang nanaginip ako. Sinubukan kong igalaw ang kamay at mukang napansin niya 'yon.

**"Jay, can you hear me?"**

Hindi ako makakilos ng maayos. Sobrang bigat ng pakiramdam ko na para bang may nakadagan sa 'kin. Sinubukan kong magsalita pero pag-ubo lang ang naging sagot ko.

**"Wag mo pilitin, mataas pa rin ang lagnat mo,"** sabi ni Keifer at awtomatiko akong nakaramdam ng panlalamig.

*Hindi panlalamig sa kanya. Sa katawan ko.*

Kaya pala ang bigat ng katawan ko at ang hirap kumilos. Pero alam kong totoo na 'to, ito ang reyalidad. Iba sa nakita ko kanina.

*Pero kailan nangyari 'yon at bakit ko nakita 'yon?*

**"Gusto mo ng tubig?"** Alok ng Hari at tumango naman ako bilang sagot.

Ampucha, ang hirap igalaw ng katawan at leeg ko. Kumikirot din ang ulo ko. Parang hinampas ang buong katawan ko sa pader. Parang basahan na pinagpag para matanggalan ng alikabok. Mga gano'ng pakiramdam.

Tinulungan ako ni Keifer ng makaupo ng maayos bago painumin ng tubig. Paunti-unti lang ang inom ko kahit sa totoo lang gusto ko ng lagukin pati baso. Uhaw na uhaw ako, daig pa ng lalamunan ko ang disyerto sa pagkatuyot.

*Baka tubuan na ko ng cactus sa ngala-ngala.*

Matapos uminom at makapahinga sandali, tsaka ko lang nakita kung nasan ako. Nasa bahay pa rin ako nina Sir Alvin at Ma'am Cindy, sa guest room nila. Akala ko nadala na naman ako sa ospital.

Kaunti na lang gagawin ko ng residential address ang hospital.

Bigla kong naalala ang nangyari kanina at ang pinsan ko.

**"Si K-Kuya?"** Nag-aalalang tanong ko.

**"He's downstairs, Ma'am Cindy is giving stitches to his exposed cuts."**

Nakahinga ako ng maluwag sa narinig ko. Sandali akong natahimik at tsaka ko napansin ang malakas na ulan. Napatingin ako sa bintana.

*Bakit biglang umulan?*

Kaya siguro andito pa rin kami sa bahay ni Sir. Kung hindi umuulan malamang nasa ospital na naman ako dahil sa nangyari. Idagdag pang hindi maganda ang lagay ni Kuya at nawalan siya ng malay kanina.

Napaisip ako bigla, bakit nga ba siya nawalan ng malay ulit?

**"Ano nga pa lang . . . ginawa mo kay Kuya kanina at nawalan siya ng malay?"** tanong ko sa Hari ng mga Ulupong at para siyang namutla.

*Takot din pala siya.*

**"I . . . ahh . . . I kind of hit him with force,"** sagot niya.

Halatang ayaw niyang sabihin. Mukang nahiya din siya sa ginawa niya o baka natatakot sa gagawin sa kanya ni Kamatayan kapag nalaman binanatan siya ng isang 'to.

**"Bakit mo naman kasi ginawa 'yon?"**

Gusto ko talaga siyang pagtawanan. Ang lakas ng loob niyang gawin 'yon.

*Atapang atao.*

**"When I heard you screaming for aid, I felt anxious and enraged. Hindi ko na nagawang tignan kung sinong nasa harapan mo."** Mahinahong paliwanag niya. **"I only want to save you."**

Grabe naman save-save na 'yan. Hindi naman ako kinilig. Mga kaunti lang.

*Save button.*

Hindi ko maiwasang ma-touch by touch your my all time lover sa ginawa niya kahit nasaktan si Kuya at nawalan ng malay. Partida naawa naman ako sa nangyari sa kanya at nag-aalala rin. Hindi ko lang talaga mapigilan.

Hinawakan ng Hari ang isang kamay ko at bumalik sa 'kin ang mga nangyari kanina bago ako mawalan ng malay. Pati na rin ang nakita kong duguang lalaki.

Kinilabutan ako ng maalala ko ang muka niya at ang sinigaw niya.

*Gusto niya kaming patayin ni Mama.*

**"Jay? Ayos ka lang? Humiga ka muna."**

Akmang tutulungan niya ako pero pinigilan ko siya.

**"Meron . . . Meron akong nakita—."**

**"WHERE THE HELL IS THAT MOTHER FVCKER?"** sigaw ni Kuya na pumutol sa sasabihin ko.

*Ayan na siya.*

Sabay pa kami na Keifer na nanlaki ang mga mata habang nakatingin sa isa't-isa. Hinawakan niyang mahigpit ang mga kamay ko sabay yuko. Para siyang nagdarasal.

Gano'n na lang 'yon tinanggap na lang niya kamatayan niya sa kamay ni Kuya Angelo.

**"Sandali! Baka dumugo ang mga sugat mo!"** Dinig kong sigaw ni Ma'am Cindy.

**"Don't stop me!"**

Sunod-sunod na nagmurahan si Ma'am at ang pinsan ko. Ngayon ko lang narinig na nagmura ang teacher ko kay Kuya pa talaga. Para silang ang nag-aaway habang naglalakad papunta dito.

Gano'n na lang ang takot ko ng biglang sumulpot si Kamatayan sa pinto.

*Ayan, sinusundo na si Keifer.*

**"YOU FCVKER! BAKIT DALAWA LANG KAYO DITO?"** Galit na galit na tanong niya.

Agad namang siyang hinarap ng Hari ng mga Ulupong. Walang bakas ng takot o ano man. *Lakas ng loob.*

**"I'm here to look after Jay-Jay. You pass out, remember? And the others need to help Sir Alvin,"** paliwanag niya at napatango naman ako.

Tinignan ako ng pinsan ko at ng magkasalubong kami ng tingin huminga siya ng malalim at pilit kumalma. Nasa likod niya si Ma'am na mukang nakahinga rin ng maluwag ng makitang gising na ko.

**"Ipaghahanda kita ng porridge. Kanina ka pa walang malay malamang gutom ka na,"** sabi niya bago batukan si Kuya at iwan kami.

*Nabatukan niya si Kuya? Ibang level to si Ma'am.*

Totoong gutom na ko. Wala akong almusal tapos napasabak pa ko sa gulo. Kaya yata hinang-hina ako at mabilis na nanlambot kanina. Iba talaga ang nagagawa ng almusal sa buhay.

**"Gano ako katagal nawalan ng malay?"** tanong sa 'min ni Kuya.

*Aba malay ko, tulog din ako.*

**"Couple of hours. Sabay lang kayo ni Jay-Jay."**

Hinimas ni Kuya Angelo ang batok niya. **"How did I pass out? Gising na gising ako kanina."**

Nagtinginan kami ng kumag na Hari. Hindi pa alam ng pinsan ko na binanatan siya nitong tukmol na 'to. Hindi ko tuloy alam kung dapat pa ba naming sabihin o hintayin na lang namin na kusa niya ma-realize.

Pero parang mas maganda kung ibaon na lang namin sa limot. Panigurado akong babalikan niya ang bumanat sa kanya.

**"Anyway, what happened to you?"** tanong niya sa 'kin. **"Bakit bigla mo kong sinigawan na layuan ka?"**

Natigilan ako. Dahil 'yon sa nakita ko at inakala kong ibang tao siya pero ayokong ipaalam sa kanya 'yon. Panigurado akong pipilitin na naman niyang kong pumunta ng psychiatrist o kaya naman baka bigla niyang papuntahin ulit dito si Dra. Claudia.

*Ayoko munang humarap sa Doctor.*

**"H-Hindi ko maalala."** Palusot ko pero mukang hindi siya naniniwala sa paraan ng pagtitig niya.

Pasimple akong napahawak ng mahigpit sa kamay ni Keifer na hindi pa rin bumibitaw sa 'kin mula kanina. Muka namang nakuha ng Hari ang gusto kong iparating. Agad siyang nagtanong ng ibang bagay para maiba ang usapan.

**"Where's the others now?"**

Napaisip sandali si Kuya. **"I think they're still out cleaning the mess."**

Hindi ko maintindihan kung anong pinag-uusapan nila. **"'Yung mga Ulupong ba pinag-uusapan niyo?"**

Tumango sila pareho.

*Wow, sabay. Dance number lang?*

**"Pinagdadampot nila mga kasama ni Ram. Majority of them lost their consciousness,"** paliwanag ng kumag na Hari.

**"Dadalhin ba sila sa police?"**

**"I doubt. Magiging maingay ang nangyari. Malalaman ang location ng property nila Alvin,"** sagot ni Kuya.

Isa pa nga pala 'yon. Ano ng mangyayari kina Ma'am? Expose ang bahay nila. Ayaw pa naman ni Sir na may makaalam ng bahay nila dahil baka meron siyang pinagtataguang inaanak.

*Pwede ring pinagkakautangan.*

**"Pero si Ram baka ibalik sa ospital. I heard his ribs are fractured."**

Sabay kami ng Hari na napatitig kay Kamatayan. Na-witness ko ang ginawa niya at malamang kong alam din ng katabi ko na siya lang ang pwedeng gumawa no'n. Wala naman kaming mabakas na pagka-guilty o pagsisisi mula sa kanya.

Sabay-sabay kaming napatingin sa pinto ng pumasok si Ma'am Cindy habang may dalang tray ng pagkain. Binaba niya ang hawak at agad naman siyang tinulungan ni Keifer. Meron ding gamot at tubig para sa 'kin.

*Ayan na! Gutom na gutom na ko.*

Ngumiti naman ako agad kay Ma'am at nagpasalamat. **"Thank you po."**

Tumango siya at lumapit kay Kuya. Meron siyang binulong at kitang kita ang pagbabago ng itsura ng muka ng pinsan ko. Alam kong meron siyang hindi magandang nalaman. Halatang gusto niyang manakit.

Tumalikod sila sa 'min at umalis matapos magpaalam.

**"Nakita mo?"** tanong ko sa Hari at tumango siya.

**"Something is wrong."**

**"Sundan mo."** Utos ko sa kanya at mabilis siyang tumanggi.

**"I am not leaving you here alone."**

Napangiwi ako. **"Ito naman, wala naman na sigurong susugod dito."**

Umiling siya habang hinahalo ang lugaw sa mangkok. Tinangka niya kong subuan pero nilayo ko ang muka ko.

*Sige, magmatigas ka.*

**"Jay . . ."** tawag niya sa 'kin.

**"Sundan mo na sina Kuya."**

**"Hindi kita iiwan dito mag-isa."** Pagpipilit niya.

**"Wala namang mangyayari sa 'king masama dito. Kaya ko namang kumain mag-isa."**

Tinignan niya ko na para bang question mark ang sinabi ko. **"Paano kung mapaso ka? Mainit 'to."**

**"Paso lang sa lugaw? Akala mo naman ikamamatay ko 'yon?"**

**"You can't tell."**

*Ay, iba talaga ang kulit ng isang 'to.*

**"Wag ka ngang oa dyan. Dali na!"** Inis na pagpipilit ko.

**"Bakit ba ang kulit mo?"** Inis na tanong niya sa 'kin.

Siya pa talaga may ganang mainis. Ang babaw naman ng dahilan niya.

**"Nag-aalala nga ako. Sundan mo na, kahit sandali lang tapos balik ka na."**

Bigla na lang niya kong inirapan. Parang nayamot ako sa itsura niya at gusto kong sundutin ang mga mata niya.

*At talagang nagtaray pa.*

**"Sinabing sundan mo na."**

Hindi niya ko pinansin at pinagpatuloy lang ang paghahalo sa lugaw. Kaunti na lang parang kakainin na rin niya.

Hindi ko alam kung paanong pagpipilit ang gagawin ko sa kanya. Iisang paraan na lang ang natitira.

*Panibagong ipinagbabawal na technique.*

**"Dali na, susunod na yan. Susunod na 'yang abujing-abujing na 'yan."**

Bigla na lang siyang natawa. Muntik na niya matapon ang laman ng mangkok na hawak buti na lang naibalik niya sa tray. Hinarap niya ko at tumawa pa ng mas malakas.

*Tuwang tuwa siya oh.*

**"Do it again. Do it again,"** sabi pa niya habang may kinukuha sa bulsa.

Agad akong tumanggi ng makita kong cellphone niya ang kinuha niya. Alam ko na kung anong balak nitong gunggong na 'to.

**"Do it again, kukuhanan ko video."**

**"Ay hindi. Tumigil ka nga!"** Inis na sabi ko ng subukan niyang iharap sa 'kin ang camera ng phone.

Dahil sa sama ng pakiramdam at panghihina ko nahirapan akong pigilan siya. Makailang beses kong hinawi ang phone niya. Tawa lang naman siya ng tawa.

**"Waaaag . . ."**

**"Hindi ko naman ipapakita sa iba,"** sabi niya at hinarap na naman sa 'kin ang camera ng phone.

*Hindi ko na gagawin 'yon.*

Mumurahin ko na sana ng makarinig kami ng ingay mula sa labas ng kwarto. Pareho kaming natigilan. Parang merong nagtatalo or nag-aaway.

**"May nag-aaway ba?"** tanong ko at naglakad si Keifer para sa sana puntahan pero hinatak ko kagad siya. **"Sasama ako."**

**"No, stay here. Sandali lang ako."**

Hindi ako pumayag at mas hinigpitan ang pagkakawak sa kanya. Kokontra pa sana siya ng makarinig na naman kami ng panibagong sigawan. Wala siyang choice kundi ang isama ako para makita ang nangyayari.

Pumwesto siya sa gilid ng kama at pinasan ako sa likod niya. Inayos niya ang pagkakabuhat sa 'kin tsaka naglakad palabas ng kwarto. Pagdating sa hagdan pababa kita na kagad namin ang mga Uupong na nakahilera habang nakapaligid kay Kuya Angelo, Ma'am Cindy at Sir Alvin.

*Inaaway ba ni Kuya ang mga Ulupong?*

Bahagyang nakahiwalay si David na naka-cross arm pa at sinusuri isa-isa ang mga Ulupong. Napaangat ng tingin si Ci-N sa 'min ng maaninag niya kami.

**"Jay-Jay,"** tawag niya sa 'kin na umagaw ng atensyon ng lahat.

**"Anong ginagawa mo rito? Bumalik ka nga do'n."** Utos ni Kuya pero hindi ko siya pinansin.

**"Ano munang nangyayari?"** tanong ko.

Tinignan ko ang mga Ulupong nakatingin din sa 'min. Ang iba, umiiwas ng tingin at ang iba naman halatang hindi maintindihan ang nangyayari.

**"Ibalik mo nga siya sa kwarto."** Utos ni Kuya kay Keifer pero hindi siya sumunod.

**"Is there something here that don't want Jay-Jay to find out?"**

Halatang nakunsimi ang pinsan ko at tinignan pa ang mag-asawa para manghingi ng tulong sa kanila pero nagkibit balikat lang sila sa kanya.

Napatingin ako sa ibabaw ng coffee table kung saan nakalagay ang maraming picture. Kundi ako nagkakamali ito ang mga picture na pinadala sa 'kin si Ram na may kasamang pagbabanta.

Hindi ko alam na dinala ni Kuya ang mga 'yan pero bakit naman at para saan?

*Ano 'yan? Lagi nyang dala?*

**"Ang tigas ng ulo niyong dalawa. Kapag lumala ang lagay ni Jay-Jay, ikaw ang malalagot sa 'kin."** Banta ng pinsan ko bago harapin ulit ang mga kaibigan namin. **"Do I need to repeat my question?"**

Lumapit si Keifer kina Sir Alvin at nagtanong. **"What is going on here?"**

Hinarap sa 'min ni Sir Alvin ang hawak na mamahalin pero maduming phone. **"This is Ram's phone. Edrix managed to open it and found out . . ."** Binuksan niya ang phone at lumabas ang google map na naka-pin sa location ng bahay nila **" . . . that someone send my house location."**

Nanlaki ang mga mata ko. Sino namang may gawa no'n? Kaya pala nahanap kami ni Ram at ng grupo niya.

*Secret nga lang dapat. Paano na sila magtatago niyan?*

**"Whoever sends our location, is probably the same person taking these photos,"** sabi ni Kuya sabay turo sa mga picture sa coffee table. **"Again . . . isa sa inyo ang nag-traydor kay Jay-Jay. Umamin na habang kalmado pa ko."**

**"Imposible kasing isa sa 'min 'yan,"** sabi ni Felix at tinignan siya ng masama ni Kuya.

**"Ang confident mo naman. May gumawa na nga!"**

Tama naman si Felix. Imposible talagang isa sa mga Ulupong 'yon. Gusto kong pahintuin ang pinsan ko dahil ayokong pati ang mga Ulupong tratuhin niya ng ganito. Wala naman silang ginagawang masama.

**"Paano kung nasundan lang ang isa sa 'min tapos sinend niya kay Ram?"**

Hinarap ni Kuya si Yuri na huling nagsalita. **"Sana nasundan lang kayo o ang isa sa 'tin."**

**"There's nothing on the surveillance."** Singit ni Sir Alvin. **"I also double check the CCTV pero walang possible intruder."**

Napabuntong hininga ang pinsan ko. Para bang nagpipigil pero gusto na niyang ipagsigawan na tama siya ng hinala.

*Baka meron lang nakalusot.*

Oo minsan ng pumasok sa isip ko na baka merong nags-send ng picture kay Ram pero ang hirap pala tanggapin na baka meron nga. Mas gusto kong isipin na baka pagkakamali lang ang iniisip ni Kuya.

Kinuha niya ang mga pictures sa ibabaw ng coffee table. **"This is another thing, this photos was taken too close to Jay-Jay like it was taken just beside her. Walang kahit sinong professional photographer ang makakakuha ng ganitong litrato lalo na kung kayo-kayo lang ang magkakasama."** Mahinahong sabi niya pero hindi pa rin niya napigilang ibato ang mga litrato sa paanan nila.

Kinuha ni Rory ang natapat sa paanan niya. Sinuri niya 'yon pero hindi siya nagsalita.

**"Sandali, di ba kuha mo 'to sa phone mo . . ."** tanong ni Eren kaya napatingin kaming lahat sa kanya at sa hawak niyang picture. **"Denzel?"**

*Si Denzel?*

**"Oo nga, ito rin."** Dagdag ni Mayo habang iniisia-isa ang mga picture sa paanan niya.

Pati ibang Ulupong dumampot na rin ng pictures at tinignan.

**"Gago, ito rin."**

**"Tangina mo Denzel!"**

**"Putangina, kaya ba panay ang picture mo?"**

Lahat kami napatingin kay Denzel na mukang nagulat din sa binibintang sa kanya. May mga pictures din siyang hawak na hindi niya alam kung paano ipapaliwanag.

**"H-Hindi ako—."** Bago pa siya makasagot hawak na siya sa kwelyo ni Kuya Angelo.

Napasigaw ako, **"Kuya!"**

Sinubukang umawat ng mga Ulupong. Halos lahat nakapaligid na sa kanila at pilit pinaghihiwalay ang pinsan ko at si Denzel.

*Sandali! Kakapanganak lang ng asawa niyan!"*

**"Angelo! Calm down!"** sigaw ni Sir Alvin.

**"Hayaan mo munang magpaliwanag si Denzel!"** Awat ni Yuri sa kanila.

**"Calm down! Let my friend explain himself!"** Si David na pilit ding umaawat.

Sa lahat ng umawat sa kanya hindi pa rin siya bumibitaw. Napilitan si Keifer na ibaba ako at iwan sa tabi ni Ma'am Cindy. Pati siya umawat na rin, hindi nga lang sa paraan na naiisip ko.

Pinaikot niya ang braso sa leeg ni Kuya at sinakal siya. **"You calm the fvck down!"**

*Ay, sakalin daw ba.*

Himala namang bumitaw ang pinsan ko matapos mahirapang huminga. Halatang galit na galit siya.

Napaubo si Denzel habang hingal na hingal. Agad naman siyang tinulungan ng mga kapwa niya Ulupong, liban sa iba na mukang naghihinala rin sa kanya.

Binitiwan lang ng Hari ang pinsan ko ng masiguro niyang kalmado na siya. Nakatanggap nga lang siya ng masamang tingin.

**"Let him explain first,"** sabi pa niya kay Kamatayan.

*Parang tumatapang 'tong Hari ng mga Ulupong.*

**"Denzel, please explain."** Pakiusap ni Sir Alvin.

**"H-Hindi po ako. Wala akong ibang sine-send-an ng mga pictures na 'yan kundi si Grace,"** paliwanag niya at halatang ayaw tanggapin ni Kuya. **"'Yun talaga ang totoo."**

Naniniwala naman ako sa kanya. Minsan ko na rin siyang nakitang nagsend ng picture kay Grace mismo mula sa cellphone niya. Wala rin akong nakikitang dahilan para traydorin niya ko o kami.

**"Eh sino nagsend nitong mga pictures kay Ram? Si Grace?"** Inis na tanong ni Blaster pero nakakuha siya ng batok mula kay David.

**"Of course, it wasn't her. He never met Ram,"** sabi pa niya at hinarap si Rory at Edrix. **"Bakit hindi kayo magsalita?"**

*Si Rory at Edrix naman ngayon?*

**"Bakit si Rory at Edrix?"** tanong ni Calix at nagpabalik-balik ang tingin sa dalawa. **"Imposibleng nag-traydor sila."**

**"I'm not implying that they betrayed us. Alam kong may alam sila, it's impossible for them not to know a thing or two,"** paliwanag ni David at lumipat ang atensyon ng lahat sa dalawa.

Sa totoo lang, pansin ko ang pagtahimik nilang dalawa. Sa ganitong pagkakataon na naghahanapan madalas sila ang nangunguna para tumulong. Pero ngayon, parang wala silang kibo.

**"W-Wala kaming alam,"** sagot ni Edrix.

**"If so, find the culprit then. Use Ram's phone. Paniguradong may number pa rito."** Utos ni Keifer pero pinigilan siya ni Sir.

**"Tinawagan na namin ang number but it was already deactivated."**

Paano mahahanap ang nag-traydor sa 'min? Gusto ko siyang mahuli para malaman ang totoo. Naniniwala akong wala sa mga Ulupong ang pwedeng gumawa no'n sa 'min.

*Sana nga talaga wala sa kanila.*

**"Ikaw Rory?"** tanong ng Hari kay Rory pero umiling lang siya.

**"Wala. Kung meron, hahayaan ko siyang kusang magsalita."**

Sunod-sunod na nagmura si Felix. **"Edi meron nga! Merong nag-traydor!"**

Pati mga kapwa niya Ulupong nagpalitan na rin ng mura. Ang iba nagagalit dahil hindi nila maintindihan kung bakit nasabi 'yon ni Felix. Meron namang pinapaamin na ang pwedeng umamin. Meron pang nagturuan.

**"Bakit kayo nagt-traydor?"** Umiiyak na tanong ng batang kumag pero wala namang pumapansin sa kanya.

Hindi ko namalayan na kusa na rin pala akong napaiyak. Hindi ko alam kung dahil ba sa sama ng pakiramdam o dahil hindi ko matanggap na merong magt-traydor sa 'min. Sa dami ng pinagdaanan namin bakit meron pa ring gagawa no'n.

Gano'n na naman. Bumabalik na naman sa 'kin ang naramdaman ko no'ng nalaman kong niloko nila kong lahat. Nasasaktan akong isipin na totoo nga, paano kung kumpirmahin pa nila.

*Kakayanin ko pa bang magpatawad?*

**"Drew! Bakit wala kang kibo dyan?"** tanong ni Eman ng mapansin niyang nasa isang sulok lang si Drew at hindi gumagalaw.

Hawak lang ang isang picture at nakatitig do'n.

**"Drew, anong problema?"** tanong ni Kit.

Unti-unting nalipat ang atensyon ng lahat kay Drew. Pati si David nilapitan na rin siya para agawin ang hawak. Picture ko 'yon habang tumatawa at katabi ko mismo si Drew na malapad din ang ngiti.

*Bakit bigla akong kinabahan sa kanya?*

**"Drew, anong nangyayari sa 'yo?"** tanong ni Josh.

**"Tangina Drew sumagot ka!"**

**"Gago, Pare namatanda ka ba?"**

**"Andrew Klondike Mercado!"**

Lalapitan na sana siya ni Felix para pilitin siyang mag-isa pero pare-pareho kaming natigilan ng bumuka ang bibig niya at magsalita. Natakpan ko na lang ang bibig ko bago mapaiyak ng malakas.

*Bakit? Bakit mo nagawa 'to?*

**"A-Ako . . . Ako ang nagpadala kay Ram ng pictures at location natin."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 378

**A/N:** Kitakits sa MIBF . . . Tapos ipon na kayo pambili AMNSE DS or Book 2 (New Books)

**Remove**

***Jay-Jay's POV***

Tahimik kaming lahat na nakatingin kay Drew. Kahit hindi nila sabihin alam kong hinihintay nilang bawiin niya ang mga sinabi niya o kaya naman ay durugtungan niya ng '*joke lang*' ang mga huling salita niya.

*Sabihin mong joker ka lang please.*

Pero wala siyang sinabi o dinugtong. Ilang minutor din kaming naghintay hanggang sa sunod-sunod ng nagmura ang pinsan ko at ang mga Ulupong.

**"Putangina mo Drew! Hindi ka nakakatuwa!"** Galit na sigaw ni Blaster bago siya lapitan at itulak.

Pati sana ibang Ulupong susugod na rin sa kanya kundi lang gumitna at humarang si David.

**"Tumigil muna kayo! Let him explain himself!"**

**"Explain? Eh putangina tinraydor na nga tayo!"** sagot ni Mayo.

**"Ano pa bang magiging dahilan niya? Eh perang-pera na naman 'yan!"** Galit na sabi ni Eren habang dinuduro si Drew.

**"Kaya pala panay ang hiram mo ng cellphone sa 'kin? Kasi kinukuha mo na pala ang mga picture sa phone ko. Puntangina ipapahamak mo pa si Grace."** Mahinahong sabi ni Denzel pero kitang kita pa rin na gusto niyang saktan si Drew.

Tahimik lang akong pinapanood sila. Hindi ko kasi matanggap na meron ngang nag-traydor sa 'min. Meron nga talagang gumawa.

*Bakit? Hindi ko maintindihan.*

Ang yabang ko pang sabihin na sa dami ng pinagdaanan namin malabong maisipan nilang gawin 'yon pero ito na nga siya harapan namin. Nahihirapan akong tignan niya, hindi dahil sa ginawa niya kundi dahil sa kung paano siya pagtulungan ng mga kaibigan namin.

May karapatan akong magalit sa kanya kasi ang sakit ng ginawa niya pero pakiramdam ko sapat na galit ng mga kaibigan namin. Hindi na niya kailangang makarinig mula sa 'kin.

**"Putangina presyo lang pala katapat ng buhay namin sa 'yo!"** Galit na sigaw ni Calix. **"Kilala mo naman si Ram, papatay 'yon para lang masiyahan siya!"**

**"Kumalma nga muna kayo!"** Awat ni Rory pero siya naman ang pinagbuntunan.

**"Tangina mo! Isa ka pa! May alam ka rin!"** Bwelta sa kanya ni Felix.

**"Makinig muna nga kasi kayo! Hindi matatapos 'tong usapan kung uunahin niyo galit niyo!"** sigaw ni Edrix na pumagitna na rin.

**"Isa ka pang may alam!"** sita sa kanya ni Kit. **"Hindi niyo man lang inisip si Jay-Jay!"**

Nanlalambot akong makitang ganito sila. Mabigat sa loob na panoorin silang nagtatalo-talo. Ganito rin sila no'n ng mag-away-away sila dahil sa pagtatalo ni Yuri at Keifer, nang lumabas ang totoo tungkol sa plano nila tapos ngayon dahil sa nagtraydor.

*Ang hirap na makitang ganito sila.*

Napabuntong hininga ako. Sa isang iglap ang kaninang sumbatan at murahan napalitan ng hiyawan. Sinubukang lumapit ni Kuya Angelo kay Drew at dahil alam na nila ang magiging action niya, karamihan sa kanila kahit galit kay Drew agad na pinigilan siya.

**"You son of a btch! You better give me a good reason for risking my cousin's life!"** Galit na sabi niya.

Pati si Ma'am Cindy at Sir Alvin umawat na rin. Sa dami nila halos matangay sila ni Kuya sa paghakbang niya.

**"Speak up Drew!"** Utos ni Yuri na halatang awang-awa sa kanya.

Ayaw pa rin sanang magsalita ni Drew pero nang magsalubong ang tingin namin parang gusto niyang manghingi ng tulong. Ilang beses siyang napabuntong hininga pero napaiyak pa rin siya ng makita niyang pinupunasan ko rin ang mga mata ko.

Sobrang bigat ng pakiramdam ko. Gusto ko ulit bumalik sa higaan para humiga pero baka hindi ko na gustohing bumangon.

**"Kailangan ko ng pera eh. Wala na kong malapitan sa inyo,"** sabi niya at sunod-sunod ang natanggap niyang mura.

**"Putangina naman! Kung seryoso pangangailangan mo, malamang tutulungan ka namin!"** sagot ni Blaster.

Inis na tumawa si Drew. **"Ilang beses akong lumapit sa inyong lahat. Pati kay Keifer, kay David, Eman, Rory. Halos lahat kayo nilapitan ko na."**

**"Hindi kita pinahiram dahil hindi ka nagsasabi ng totoo,"** sabi ni Keifer. **"Gusto ko lang malaman kung saan mo dadalhin ang pera."**

**"Same reason. Meron kang tinatago sa 'min,"** sabi ni David.

Napabuntong hininga si Eman. **"Anong malay ko kung sa pasugalan mo lang dadalhin ang pera?"**

Nasabunutan ni Drew ang sarili. Ramdam kong hirap siya pero hindi pa rin niya magawang sabihin ang totoo kung saan ba talaga napupunta ang pera niya at kung bakit parang lalong dumarami ang utang niya.

*Sana nga hindi sugal ang dahilan.*

**"May utang ako sa panibagong shark loan, akala ko maayos ang usapan namin. Ginipit niya ko, pinang-blackmail pa niya ang kapatid ko. Walang wala na ko."** Pilit niyang pinunasan ang mga luha sa muka. **"Sabi niya kung hirap akong makabayad, ihahanap niya ko ng sideline. Inalapit niya ko kay Ram. Ayoko talaga pero ang laki ng ibabawas niya sa utang ko kung maayos ang trabaho. Sabi pa niya tatanggalin nila ang interest at hahabaan ang deadline."**

Kita ko ang pagka-frustrate ng mga kasama namin. Pati si Ma'am Cindy halatang naapektuhan din sa mga narinig niya. Walang reaksyon si Sir pero galit na galit pa rin ang pinsan ko.

Pero paano siya nagkaroon ng panibagong utang? Saan niya ginamit ang pera? Wala akong alam na nangangailangan sa pamilya niya.

**"Natakot ako, desperado na ko. Sangkot sa s3x trafficking ang shark loan na 'yon. Paano kung may gawin sila kay Marianne? Paano ang kapatid ko?"**

Napaupo na siya sa sahig. Natakot siya. 'Yon ang malinaw na dahilan niya at hindi lang dahil sa pera. Sana sinabi niya ang totoo o kaya sa 'kin siya lumapit. Kahit wala akong pera gagawan ko ng paraan. Para sana hindi ganitong nagsinungaling siya sa 'min.

**"Pero maniwala kayo, hindi ko ibinibigay lahat ng details na hinihingi niya. Yung alam ko lang na ma-s-satisfied siya. Akala ko matagal pa gagawin ni Ram ang plano niya dahil kulang siya sa tao at kalalabas lang niya ng ospital."**

**"Kaya kampante kang i-send ang location ng bahay ko?"** tanong ni Sir Alvin.

Hindi na nakasagot si Drew, hindi rin niya magawang tumingin kay Ma'am at Sir. Alam ko rin namang nahihiya siya dahil pati ang mag-asawa naabala namin.

*Mukang mapipilitan na silang lumipat ng bahay.*

**"Anong assurance namin na 'yon nga lang ang mga binibigay mong details?"** tanong ni Josh.

Alam kong naniniguro lang din siya pero parang nang-aakusa ang tono niya.

**"Alam namin, nakikita ko ang mga pinapadala niya,"** sagot ni Edrix.

Galit na dinuro-duro sila ni Felix. **"May alam nga kayong dalawa, tapos wala man lang kayong sinabi sa 'min? Kahit kay Keifer hindi niyo sinabi?"**

Tinignan ko si Keifer. Kalmado siya, oo, pero kita ko sa paraan ng pagtingin niya kay Drew na kanina niya pa gustong manakit. Malamang na sobra-sobrang pagpipigil sa sarili ang ginagawa niya.

**"Dahil kinailangan pa naming siguraduhin ang balak ni Ram. Kung sasabihin namin kay Keifer malamang na kumilos siya at mahalata ni Ram ang ginagawa ni Drew. Biglaan lang talaga ang plano niya,"** paliwanag ni Rory.

Ilang beses na nagbuntong hininga ang pinsan ko. Hindi na siya hawak ng mga umaawat sa kanya pero nakapaligid pa rin sila kung sakaling na maisipan niyang sumugod na naman.

**"These kids manage to find Ram before we do?"** tanong ni Sir kay Kuya. **"I don't know if I should be amazed or disappointed."**

Naalala ko na hinahanap nga rin pala nila Kuya Angelo si Ram pero wala naman yata silang makuhang maayos na location. Lagi siyang nawawala tuwing meron na silang information.

*Ma-disappoint ka Sir. Mahina taga-hanap niyo.*

**"Biglaan o hindi dapat naisip niyo pa rin na susugod at susugod siya. Tignan mo ang nangyari ngayon. Jay, had a panic attacked and now a high fever, her cousin almost died, at na-exposed ang bahay nila Sir."** Kalmadong sabi ni David habang tinuturo kami. **"Your irresponsible decision all causes us trouble."**

**"Sige nandon na kami sa desperado si Drew at nangangailangan pero hindi ba niya kayang humingi ng tulong sa tamang tao, sa Kuya ni Jay-Jay, kay David, o kaya Sir Alvin?"** sabi ni Yuri na halatang pilit iniintindi ang stiwasyon ng kaibigan.

**"Risky nga! Hindi natin masasabi ang pwedeng mangyari. Ano na lang ang gagawin o sasabihin ni Ram sa shark loan kung tinraydor siya ni Drew?"** Pagtatanggol ni Rory.

Hindi ko maiwasang isipin na mali rin sina Rory at Edrix. Pinangunahan nila ang sitwasyon at piniling wag sabihin sa 'min ang nangyayari.

Nasuklay ni Calix ang buhok. **"Pero sa gagawin ni Ram, sigurado kayo sa mangyayari? Eh ito na nga, biglaan na nga silang sumugod ng hindi niyo alam o nahulaan."**

**"Sigurado kami no'ng una. Kaya naging kampante kaming makabuo ng plano bago sabihin kay Keifer,"** sagot ni Edrix.

**"Eh asan na ang plano niyo? Wala na di ba? Tangina kasi, gamitin niyo naman ng maayos utak niyo! Galing na galing kasi kayo sa sarili niyo na akala niyo kontrolado niyo na ang sitwasyon!"** Galit na sabi ni Eren.

Sunod-sunod na sumbat at mura pa ang natanggap nila sa mga kapwa nila Ulupong. Muntik pang makipagsuntukan si Rory.

**"THAT'S ENOUGH!"** sigaw ni Kuya Angelo na nag-echo sa buong bahay.

Tumahimik naman ang mga Ulupong. Nakaupo sa sahig si Drew at nakayuko.

Gusto ko siyang kausapin. Gusto kong marinig ng maayos and dahilan niya at ang iniisip niya. Masakit sa 'kin ang ginawa niya pero mas nasasaktan ako kapag naiisip kong nasira na pagka-kaibigan namin at baka hindi na maayos.

*Kailangan ko si Bob the builder baka maayos pa.*

**"Anong gagawin mo sa mga kaibigan mo na 'to?"** tanong ni Kuya kay Keifer.

Malalim siyang nagbuntong hininga. Tumingin pa siya sa 'kin na para bang iniisip niya kung magiging okay lang ako sa decision niya. Kalmado siya pero naghahalo ang galit at lungkot sa muka niya. Gusto kong sabihin na kausapin niya muna si Drew at pag-isipan muna niyang mabuti ang magiging desisyon.

Pero mukang may nabuo na siyang desisyon.

**"I want him to stay away from Jay-Jay,"** sabi niya at ang sunod niyang sinabi ang nagpabigla sa 'ming lahat. **"I want him out of Section E."**

**"S-Sandali Keifer. . ."** tawag ko sa kanya pero mukang hindi niya narinig dahil sa sunod-sunod na pagsasalita ng mga Ulupong.

**"Pinapaalis mo si Drew?"** tanong ni Edrix.

**"Sandali lang. Ang bilis mo namang magdesisyon,"** pigil sa kanya ni Yuri.

**"Ganon na lang 'yon? Hindi ba valid ang dahilan niya?"** tanong ni Rory.

**"Don't you think that's too harsh?"** tanong ni David na halatang hindi sang-ayon sa desisyon niya.

Naguluhan ang ibang kaibigan namin. Nabigla sila at hindi inaasahan ang desisyon ng Hari nila. Hindi ko rin makitang sumasang-ayon sila pero hindi rin sila makatanggi dahil alam naman kung bakit gano'n ang kinahinatnan.

*Alam kong ayaw din nila kahit galit sila sa kanya.*

**"P-Paano ang exam? Ang graduation?"** tanong ni Blaster.

**"He can talk to Sir Alvin and arrange a schedule for the exam and set up for his graduation. I don't want to see him close to Jay-Jay,"** sagot ni Keifer at naglakad palapit sa 'kin.

**"Sandali lang, pag-isipan mong mabuti,"** pakiusap ko sa kanya.

Kaunti na lang g-graduate na kami. Bakit kailangan niya pang paalisin si Drew? Pwede naman niyang parusahan sa ibang paraan.

*Bunutin niya kilay isa-isa, gano'n.*

**"My decision is final. I want him to leave our section, classroom, and friendship."**

Hindi ko mapigilang maiyak. Tinignan ko si Drew pero nakayuko pa rin siya at umiiyak habang tinitiis ang lahat ng masasakit na salita. Alam kong nasasaktan siya sa desisyon ni Keifer.

**"Keifer, baka naman pwedeng pag-isipan mo ulit?"** Pagpipilit ni Rory at tinignan siya ng masama ng Hari.

**"Kakausapin ko kayong dalawa. For now, I don't trust the two of you. Your loyalty to me and in this group is in question."**

Hinarap ako ulit ni Keifer at inalalayan. **"Kailangan mo ng bumalik sa kwarto, namumutla ka na."**

Sinubukan kong magpumiglas pero dahil sa sakit ko at panlalambot hindi ako nakalaban. Hindi ko inalis ang tingin kay Drew. Sandali pang nagsalubong ang mga mata namin at para siyang humihingi ng tawad.

*Sandali lang kasi!*

Nakabalik kami sa kwarto at inalalayan niya kong makahiga sa kama. Kinuha niya ulit ang mangkok ng lugaw.

**"Kainin mo na 'to para makainom ka ng gamot."**

Umiling ako. **"Bakit gano'n ang desisyon mo?"**

**"Let's not talk about it."**

Dahil sa ginawa kong pagbangon kanina, mukang lalong lumalala ang lagnat ko. Idagdag pang nakakasama ng loob ang pag-amin ni Drew at ang desisyon na paalisin siya. Ayaw tumigil ng luha ko sa pagbagsak.

**"Please eat."**

Umiling ulit ako. **"Gusto ko ng matulog."**

Hindi ko mapigilang magtampo sa kanya. Para kasi talagang hindi niya pinag-isipan ang ginawa niya.

Mukang ramdam din niya ang sama ng loob ko.

**"Come on Jay. Tingin mo hahayaan ko siyang mapalapit pa rin sa 'yo? Anong kasiguraduhan ko na wala na siyang ibang kinakausap na kaaway natin?"**

Hindi ako nakasagot. Napahagulgol ako ng iyak. Naiinis ako kasi tama siya. Mahirap ng pagkatiwalaan si Drew pero sobra pa rin na paalisin siya.

Binaba ni Keifer ang hawak at agad na lumapit sa 'kin para yakapin ako pero tinalikuran ko siya. Niyakap ko ang kumot na gamit ko hanggang dibdib.

**"Kaibigan natin 'yun."** Umiiyak an sabi ko. **"Kaibigan natin."**

*Kaibigan pa rin natin kahit nagtraydor sa 'tin.*

Hindi ko alam kung gaano ako katagal na umiyak. Hindi ko rin namalayan na nakatulog na ko. Naramdaman ko na lang ang pagkilos ng mga tao sa paligid ko kaya ako nagising.

Pagdilat ng mga mata ko, si Kuya Angelo ang una kong nakita. Mukang napansin niya na gising na ko pero hindi pa rin niya sinabi sa kausap niya.

**"Are you serious with your decision?"**

**"Of course I am serious. Ikaw? Anong magiging decision mo sa ginawa ni Drew?"** Boses ni Keifer ang sumagot.

**"Probably, termination of his existence,"** sagot ng pinsan ko at naalarma ako.

*Bwisit! Ano ba akala niya sa buhay ni Drew? Parang anay na kailangang i-terminate?*

**"Kuya!"** tawag ko sa kanya na may tonong pagbabanta pero natabunan 'yon ng paos na boses ko.

Agad na tumawa ang pinsan ko at lumapit naman sa 'kin si Keifer.

**"Hey, do you feel better now?"**

Tumango ako at sinubukang bumangon. Sumakit kagad ang ulo ko pero sinantabi ko 'yon dahil gusto kong sitahin ang pinsan kong nagpapanggap na anghel.

*Lakas ng loob. Kuwari matapang.*

**"Ayos na ko. Ano bang pinag-uusapan niyong dalawa? At anong termination?"** Unti-unting bumalik sa 'kin ang mga nangyari kanina bago ako makatulog.

**"Kung maganda na pakiramdam mo, pwede na tayong umalis. Sa bahay ka na magpahinga,"** sabi ng pinsan ko at tinalikuran na kami.

Hinarap ko ulit ang Hari. **"Anong pinag-uusapan niyo?"**

**"Random things, and also my decision to kick out Drew."**

Nanlumo na naman ako. Sa tagal ng tinulog ko hindi man lang niya sinubukang kausapin si Drew or pag-isipan man lang ulit ang decision niya.

**"Gusto kong makausap si Drew,"** sabi ko at akmang tatayo pero pinigilan niya ko.

**"Wala na si Drew, umalis na siya kasama ni Rory at Edrix. Hinatid sila ni David kanina habang natutulog ka. And the others goes home."**

Napabuntong hininga ako. Balak ko pa sanang makipagtalo sa kanya kundi ko lang naramdaman ang hapdi ng sikmura ko. Hindi pa ko kumakain mula kaninang umaga. Hindi ako makakapag-isip ng maayos kung ganito. Wala rin akong lakas makipagbardagulan.

*Kailangan kong kumain.*

Hinawakan ko ang tyan ko. **"Gusto kong kumain."**

Mukang naisip na rin niya na maghahanap akong pagkain pagkagising ko. Tinulungan niya kong mag-ayos. Pati pagsusuklay ng buhok ko siya rin ang gumawa, nahiya nga lang ako ng halos sumama na ang anit ko sa bawat suklay niya. Ngayon ako nagsisi na hindi ako masipag magsuklay.

Nang matapos, inalalayan niya kong bumaba at dumiretso ng kusina kung saan nakaupo si Yuri at Sir Alvin, habang nakatayo naman si Ma'am Cindy. Para silang may pinag-uusapan.

Mabilis tumayo si Yuri at inalok sa 'kin ang upuan niya. **"Jay, do you feel better now?"**

**"Ipaghahain kita. Malamang nagugutom ka na,"** sabi ni Ma'am at agad na kumilos.

Tumayo si Sir Alvin at iniwan kami. Mukang hahanapin niya ang pinsan ko.

Tumabi sa 'kin ang magkaibigan. Napadukdok ako sa lamesa.

**"Sumasakit pa rin ang ulo ko,"** sabi ko pero alam kong wala na kong lagnat.

Nanlalambot pa rin ako pero hindi na kagaya kanina. Sumasakit din ang mga buto ko. Napatingin ako sa wall clock. 12:48 AM na pala pero ngayon pa lang ako kakain.

*Nakakapanghina ang walang kain maghapon. Buti buhay pa ko.*

Binaba ni Ma'am ang hinain niya para sa 'kin. Nagpasalamat naman ako. Si Yuri ang kumuha ng inumin para sa 'kin ang Hari naman ang umaalalay sa 'kin kapag nahihirapan akong itataas ang braso ko.

Bigla na lang akong nainis kasi para akong imbalido at itong dalawa ang mga nurse ko.

**"Tigilan niyo nga ako. Gusto kong kumain ng maayos!"** Inis na sabi ko.

Natawa si Yuri pero walang naging sagot si Keifer. Hinayaan naman nila akong kumain, patapos na ko ng marinig ko si Sir Alvin at Kuya Angelo na nag-uusap. Papasok sila pareho ng kusina.

**"Tumira kayo sa ilalim ng lupa para hindi kayo mahanap,"** sabi ng pinsan ko at muntik ng magmura si Sir pero napigilan niya ng makita kami.

**"I know a safe house, pwede tayo do'n kung nahihirapan pa rin kayong mag-decide,"** suhestyon ni Yuri.

*Sandali, lilipat sila?*

**"Masyadong malayo, mahihirapan tayo sa pag-travel papuntang school,"** sagot ni Ma'am.

**"You can all move to my house, I don't mind,"** sabi ni Keifer at napatingin ako sa kanya.

**"And Keigan? What do you think he will say about us being there?"** tanong ni Yuri.

**"I think he would understand."**

**"I think he would NOT understand. Baka ma-trigger din ang symptoms niya because of us."**

Napabalik-balik ang tingin ko sa kanilang magkaibigan. Pakiramdam ko magkaka-stiff neck ako kakalingon sa kanilang dalawa na nasa magkabilang tabi ko.

Pero totoo nga na kailangan ng lumipat nila Ma'am, dahil kaya sa pagkaka-expose ng bahay nila? Natatakot ba silang mahanap ng mga inaanak nila?

**"Bakit kayo lilipat? May masamang nangyari ba?"** tanong kay Yuri.

Umiling siya. **"Wala naman. Hindi na kasi safe rito para sa 'ming tatlo."**

**"Dahil ba sa pagdating ni Ram?"**

Tumingin si Yuri kay Ma'am Cindy kaya napatingin din ako sa kanya. Umiwas lang siya ng tingin na para bang ayaw niyang kumpirmahin na 'yon nga ang dahilan. Naiintindihan ko naman, ayaw lang siguro niyang masisi ulit si Drew.

Hindi ko maiwasang masaktan sa ginawa niya pero naaawa rin ako dahil naiipit siya pero bakit nga kaya nagkaroon na naman siya ng panibagong utang.

*Sugal lang talaga naiisip ko.*

**"Are you done eating?"** tanong ni Kuya sa 'kin.

Tipid akong tumango. Tinignan niya ang oras sa wall clock.

**"Ayusin mo na ang gamit mo, uuwi na tayo."** Utos niya sa 'kin.

Akmang tatayo na ko ng pigilan ako ng Hari. **"Ako na, stay here."**

Tumayo siya at dumiretso sa kwartong tinuluyan ko. Wala naman akong dalang maraming gamit kaya hindi siya mahihirapang ayusin ang mga 'yon.

Patuloy pa rin sa pag-uusap sina Sir at ang pinsan ko.

**"Bukas, tutulungan ko kayong maghanap ng bahay. Kahit kweba pa 'yan."**

**"Sige, ihanap mo kami ng bahay sa ilalim ng dagat."** Sarcastic na sagot ni Ma'am.

**"Kapag naihanap kita, wag ka ng aahon mula sa dagat. Tutal, shokoy ka naman,"** sagot ni Kuya Angelo at mahinang natawa si Sir pero mabilis siyang naging seryoso ng makitang nakatingin ng masama sa kanya ang asawa niya.

*Understanding naman pala.*

Hindi nagtagal ng bumalik si Keifer dala ang mga gamit ko. Pina-double check pa niya sa 'kin kung meron siyang naiwan. Nilinaw ko naman na nakuha niya lahat ng gamit ko.

Dahil nakakain na ko meron na kong lakas. Hinatid nila kami hanggang sa makasakay kami sa kotse.

**"Hey, text me when you get home,"** sabi ni Keifer at mabilis akong hinalikan sa ulo.

Napatingin ako kay Yuri na nasa likod niya. Ngumiti siya at kumaway sa 'kin. Kumaway din ako sa kanilang lahat at nagpaalam.

Habang nasa byahe panay ang inda ni Kuya sa mga sugat niya. Hindi na lang ako nagsalita dahil baka magalit siya. Muka rin kasing hindi maganda ang mood niya.

Buong akala ko didiretso kami sa bahay pero bigla na lang siyang lumiko sa pinakamalapit na ospital na nadaanan namin.

*Mukang hindi makatiis sa sakit ng mga sugat.*

**"Both of us need to be check,"** sabi pa niya pagka-park ng kotse.

Sumunod na lang ako sa kanya kahit sa totoo lang alam ko namang siya lang ang dahilan kaya kami napadaan dito.

Pagdating sa ER kakaunti lang ang nurse at wala rin mga pasyente. Siguro dahil maliit na ospital lang 'to o wala talagang masyadong nagpupunta rito. Meron namang available na lalaking Doctor na siyang unang lumapit sa pinsan ko.

Nag-usap sila sandali at dinala si Kuya sa isa sa mga kama, hinawi niya ang kurtina sa gilid bago ituro sa 'kin ang kabilang kama.

**"Stay there please,"** sabi ng Doctor sa 'kin.

Naupo naman ako at pinanood lang sila. Tinanggal ng pinsan ko ang damit niya at lumitaw ang mga sugat niya na may tahi. Ngayon lang naging malinaw sa 'kin na marami pala siyang tama. Mukang mababaw ang haramihan pero hindi nakaligtas ang mga tinahing sugat.

*Kayalang bakit gano'n ang tahi ng sugat niya?*

Unang tinignan ng Doctor ang tahi sa leeg ni Kuya Angelo. Tinanggal niya ang bandage at nanguha ng gunting at isa pang gunting pero walang talim sa dulo, forceps yata ang tawag sa gano'n. Tinanggal din niya ang mga tahi-tahi sa sugat.

Kita ko ang pagtataka at pagkamangha ni Doc sa sugat ng pinsan ko.

**"Sino po ang tumahi ng sugat niyo? Parang nanahi lang ng damit,"** sabi pa niya.

May nurse na lumapit sa kanila habang may dalang tray ng panibagong sinulid at karayom. Binaba niya 'yon sa tabi ni Kuya at napansin ko agad ang pagtingin niya sa katawan nitong isa. Hindi ko alam kung ang mga sugat ba niya ang tinitignan o ang mga muscle.

*Ate, huli kita.*

**"Kung sino man ang sumaksak sa 'yo mukang takot din siya. Hindin malalim ang sugat at hindi rin tinamaan ang external jugular vein."** Matapos tahiin ang sugat ng pinsan ko sa tamang paraan binaba niya ang hawak. **"It's here. Your vein,"** sabi niya sabay turo sa parte ng leeg ni

Kuya malapit sa sugat. **"Just few centimetres away, kaunting galaw malamang na pinaglalamayan ka na."**

Bahagyang tumawa ang nagpapanggap na anghel. **"I know where it is. Kaya nga hindi tinamaan, I manage to move my neck in a second before he could stab my neck."**

Napairap ako sa kayabangan nitong pinsan ko. Sa saksak sa ugat niya nakaiwas pero sa banat ni Keifer hindi. Nawalan pa nga ng malay.

Patuloy ang Doctor sa pagsasalita habang pinapalitan ng bandage ang ibang sugat. Habang abala sila, may lumapit na babaeng nurse sa 'kin at kinausap ako.

**"Anong nararamdaman nyo?"** tanong niya.

**"Ay, hindi po ako—."**

**"She suffered with high fever this morning until afternoon. Kanina lang naging normal ang tempt niya."** Putol ng Kamatayan sa sagot ko.

Daig pa niya personal na Doctor ko sa pagsasalita niya. Kulang na lang ikwento niya ang medical history ko.

*Nag-aaral sigurong maging Doctor 'tong pinsa ko. Doctor kwak-kwak.*

Nanguha ng thermometer ang nurse at tinapat sa noo ko. Akala ko babarilin niya ko kaya bahagya akong umiwas.

**"Okay na ko di ba? Na-stress lang kasi ako kaninang umaga kaya ako nilagnat,"** palusot ko habang sinisilip ang result.

Pero totoo naman na na-stress ako. Hindi kinaya ng katawan ko ang mga nangyari.

Sunod niyang kinuha ang pang-BP pero bago pa man siya makapag-simula umalis na ko sa kama.

**"Jay . . ."** sita sa 'kin ng pinsan ko.

**"Okay na po talaga ako. Siya lang ang may kailangan ng tulong,"** sabi ko sabay turo sa pinsan ko.

Ramdam ko ang masamang tingin ng Kamatayan sa 'kin. **"Let her do her job."**

Hindi ko siya pinansin at nagpasalamat na lang sa nurse bago umalis at lumabas ng ER. Tinawag pa ko ni Kuya pero malalaki ang hakbang ko. Hindi siya makakaalis agad para habulin ako dahil hindi pa tapos si Doc sa paggamot sa kanya.

Gusto ko lang huminga. Nagsisimula na kong hindi maging kumportable sa amoy ng ospital.

*Pero hindi talaga ako makahinga kapag bumabalik sa 'kin ang mga nakita ko at ang nangyari.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 379

**Fourth**

***Jay-Jay's POV***

Nabatukan ako ng pinsan ko. Gusto kong maiyak.

*Pwede ba kong humagulgol?*

Madaling araw na kami nakauwi sa bahay. Tulog na karamihan maliban kay Tita Gema at Aries na inaabangan kaming makauwi.

**"Tulog si Jeana. Hindi muna namin pinaalam ang nangyari kina Alvin at baka mapasugod 'yon ng di-oras,"** sabi ni Tita Gema at kinuha ang dalang gamit ni Kuya.

Lumapit sa 'kin si Aries. **"Ayos ka lang?"**

Tumango ako. **"Binatukan nga lang ako ni Kuya."**

**"Dahil matigas ang ulo mo."** Inis na sabi ni Kamatayan bago ako lagpasan.

**"Angelo talaga,"** sita sa kanya ni Tita bago ako harapin. **"Ayos lang ba ang pakiramdam mo? Wala namang ginawang masama sa 'yo ang Ram na 'yon?"**

Umiling ako. **"Si Kuya po ang sumalo lahat. Prinotektahan niya ko hanggang huli."**

Ngumiti si Tita Gema sa 'kin at niyakap ako sandali. **"You should go to your room and rest."**

Tumango naman ako bago niya kami iwan ni Aries. Inabot ko sa kanya ang bag ko para magpatulong pero tinalikuran niya ko.

*Wow, kaunting bait naman sana.*

Lumakad na ko papunta ng kwarto ko. Nauuna sa 'kin ang kapatid ko kaya nakita ko na lumagpas siya sa kwarto niya at dumiretso sa kwarto ko. Mukang meron kaming dapat pag-usapan.

*Do'n din naman pala siya pupunta sana dinala na ang gamit ko.*

Pagpasok ko sa loob, ibabalibag ko sana sa kanya ang mga dala ko kaso baka magalit sa 'kin at mauwi kami sa away.

**"Kumusta na si Ella? Ano na nangyari sa kanya?"** Bungad ko.

Hinatak niya ang bangko sa study table ko at naupo.

**"Ayos naman. May slight accident lang sa bahay nila. Nataranta lang siya kasi hindi niya alam ang gagawin,"** paliwanag niya. **"Nag-aalala ka?"**

**"Hindi, nakiki-tsismis lang."**

Inayos ko ang mga gamit ko habang patuloy sa pakikipag-usap sa kanya.

**"So, what happened? Did Ram did something awful to you?"** Kalmadong tanong niya pero bakas ang pag-aalala.

Umiling ako. **"Hindi. Si Kuya lahat ang tumanggap ng bugbog at saksak."**

**"Nasaksak si Kuya?"**

Tinuro ko ang leeg ko kung saan ko natatandaan ang kaparehong parte na tinamaan siya ng kutsilyo.

**"Hindi ba sa major vein 'yan?"** tanong niya at napaisip naman ako.

Sinubukan kong tandaan ang sinabi ng Doctor at sinagot ni Kuya Angelo.

**"Nakailag daw si Kuya kaya hindi tinamaan, tsaka mababaw lang daw ang tama."**

Napabuntong hininga si Aries. Na-stress din siguro siya sa kwento ko tungkol sa nangyari sa pinsan namin.

Natapos ako sa pag-aayos ng mga gamit ko. Kumuha naman ako ng pamalit ko. Dumiretso ako sa banyo para na rin makapaglinis.

**"Sigurado ka bang ayos ka lang? Matamlay ka tignan."** Puna niya sa 'kin.

**"Nilagnat kasi ako kanina kata ganito itsura ko,"** sagot ko mula sa banyo.

Hindi rin naman ako nagtagal sa ginawa ko. Gusto ko na rin kasing makahiga at matulog. Mabigat pa rin ang pakiramdam ko at kahit wala na kong lagnat parang anytime babalik t-trangkasuhin ako.

Paglabas ko nakaupo pa rin si Aries at hinihintay ako. Mukang hindi pa siya tapos na interview-hin ako.

*Pangarap siguro niyang maging reporter.*

**"Bakit ka naman nilagnat?"** tanong niya.

Natigilan ako. Hindi ko nasabi kay Keifer ang nakita ko. Alam kong hindi ko rin dapat sabihin 'yon sa pinsan ko dahil pipilitin na naman niya kong magpa-Doctor. Hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin kay Aries dahil baka isumbong niya ko.

Pero meron akong gustong malaman na alam kong pwede niyang masagot.

Agad kong lumapit sa pinto at sumilip sa labas. Nang walang makita sinara ko ang pinto at naupo sa gilid ng kama malapit sa kinuupuan ni Aries.

**"Sabihin mo nga sa 'kin, ilan ang kinasama ni Mama?"**

**"Bakit mo naman natanong 'yan? Akala ko ba alam mo na?"**

Medyo nainis ako sa sagot niya. Itatanong ko ba kung alam ko na? Malamang baka meron pa kong hindi alam kaya ako nagtatanong sa kanya.

*Kakabasa ng kapalaran naging slow na siya.*

**"Tatlo lang ang alam ko na binanggit ni Kuya. Nakaharap ko pa nga ang isa. Anong malay ko baka meron pa."** Yamot na sagot ko.

**"What do you mean '*nakaharap mo ang isa*'? Nakaharap mo ang isa sa ex ni Nanay mo?"** Gulat na tanong niya.

Bahagyang tumaas ang boses niya. Sinenyasan ko siyang hinaan ang tono dahil baka may makarinig sa 'min.

**"Nanay natin,"** pagtatama ko sa kanya. **"Oo, no'ng minsang bumili ako sa Mini Mart. Nagpakilala siya at nanghihingi ng sorry."**

**"Ang kapal ng muka niya, anong ginawa mo?"**

**"Tinakbuhan ko siya. Hindi ko naman siya kilala."**

Magr-react na sana siya sa huling sinabi ko pero mukang na-realize niya na hindi ko pa rin naalala ang mga nangyari no'n. Napabuntong hininga siya.

**"Hindi mo sinabi kay Kuya?"** Kalmadong tanong niya.

Umiling ako. **"Hindi. Hindi ko naman kasi naiintindihan ang nangyari tsaka nawala na rin sa isip ko."**

Napatitig siya sa 'kin na para bang awang awa siya sa kalagayan ko. Pinanlakihan ko siya ng butas ng ilong.

*Ay mamaya mo na ko basahan ng kapalaran.*

**"'Yung tinatanong ko. Ilan nga sila?"**

Halatang angdadalawang isip siyang sagutin. **"What's the point of asking that?"**

**"Meron nga akong gustong malaman. Ito naman ih."**

Nahilamos niya ang muka gamit ang isang kamay. Iritable siya at parang malapit ng mainis sa 'kin.

Tinapik ko siya sa tuhod para pilitin siyang sumagot. Napabuntong hininga na naman siya.

**"Apat,"** sagot niya.

**"Apat? Bakit tatlo lang ang binigay na pangalan ni Kuya no'n?"**

Napapikit siya sandali.

**"The last one is dead."**

Natigilan ako. Literal akong napanganga sa huling sinabi niya.

*Patay? As in tegi?*

**"P-Paano?"**

Tumayo si Aries at akmang aalis pero agad ko siyang pinigilan. Ramdam ko meron siyang tinatago.

**"Sandali. Meron kang hindi sinasabi sa 'kin."** Pigil ko sa kanya habang hawak ang dulo ng damit niya.

**"Mag-uumaga na, matulog ka na."**

Tinignan ko siya sa mga mata niya. Gusto ko siyang murahin sa totoo lang pero alam kong hindi makakatulong 'yon. Baka ikagalit lang din niya.

Hindi ko alam kung bakit pero kusa na lang tumulo ang luha ko sa isang mata. Naiinis ako. Hindi pa rin pala sila tapos magtago ng sikreto tungkol sa 'kin.

**"Jay . . ."**

**"Bakit ba parang lagi kayong hirap na magsabi sa 'kin ng totoo?"** Inis na sabi ko at binitiwan siya. **"Gusto ko lang naman masagot ang mga tanong ko. Bakit parang ayaw niyo ko tulungan?"**

Halatang nahihirapan din siya.

**"Paano kapag sinagot ko, tapos maging dahilan ng pagkakaroon mo ng symptoms? Paano kung maulit na bangungutin ka na naman? Mawalan ka ng malay? Nag-iingat lang ako dahil baka sa susunod bumalik lahat sa 'yo . . ."** Malalim siyang huminga. **"Hindi mo kayanin."**

Pinunasan ko ang muka ko. Pinigilan ko ring maiyak.

**"Kaya nahihirapan akong magsabi sa inyo, kasi ganyan kayo,"** sabi ko bago siya itulak palabas ng kwarto ko. **"Sige, alis na. Kung ayaw mong sabihin bahala ka."**

Binuksan ko ang pinto at pilit siyang tinulak. Hindi siya lumaban pero pinanood niya kong isara ang pinto. Ni-lock ko rin 'yon dahil ayoko siyang bumalik.

Padapa akong bumagsak sa kama ko. Pinigilan kong maiyak at pumikit para makatulog pero sobrang bigat ng pakiramdam ko.

Nakakasakal kasi ang pagiging unfair nila. Pipilitin nila kong pumunta sa Doctor para ipagamot ako pero hindi naman nila sinasabi sa 'kin ang totoo.

Para nila kong pinapainom ng gamot na hindi ko naman alam kung saan galing o para saan.

*Paano nga kung bumalik lahat sa 'kin at hindi ko kayanin?*

Totoo ang sinabi ni Aries, baka nga bumalik sa 'kin lahat kapag nagsalita siya. Pero paano kung 'yun din ang susi para matulungan ko ang sarili ko?

Ayoko pa talagang bumalik ang mga ala-ala ko pero kapag naiisip ko na nasaktan din si Mama no'n, gusto kong malaman ang lahat. At isa pa, ang huling nakita kong lalaking duguan, paano kung isa pala siya sa naging asawa ni Mama. Hindi ko siya maalala pero malakas ang kutob kong parte siya ng insidente ko no'n.

'Yung lalaking pumasok ng bahay at tinawag si Mama sa panaginip ko.

Lalaking duguan na nagbatang papatayin kaming mag-ina.

'Yung lalaking nagpakilala sa 'kin sa Mini Mart dati.

Dalawang lalaking nag-uusap at 'yung isa inaya ako sa kwarto.

Iba-iba sila pero sino sa kanila ang huling nakita ko na nagbanta na papatayin kami ni Mama?

Alam kong wala akong makukuhang sagot mula kay Mama, kay Aries o kay Kuya Angelo. Isa lang naiisip kong matutulungan ako.

Bumangon ako at hinanap ang cellphone. Nakita ko 'yon sa loob ng bag ko.

Nanginginig pa ko habang nagpapadala ng message sa Hari ng mga Ulupong. Sana lang gising pa siya o kaya man kapag nagising siya agad niyang i-check ang phone niya.

Pagkapadala ko ng message, nahiga ako at nagkumot. Wala na kong balak hintayin ang sagot niya dahil baka nga tulog na siya pero napabalikwas ako ng bangon ng biglang mag-ring ang phone ko at limitaw ang pangalan niya.

*King_Bingi calling . . .*

Sinagot ko naman agad.

**"*Are you okay?*"** Bungad niya at para akong bata na umiyak agad sa kanya.

**"Keifer . . ."** tawag ko sa kanya. **"Ayaw nila magsabi sa 'kin ng totoo."**

**"*Calm down. Tell me what happened.*"**

Pinilit kong tumahan habang pinupunasan ang muka ko. Suminghot-singhot pa ko para lang pigilan ang sipon ko sa pagtulo.

**"Kasi . . . Gusto ko lang naman malaman kung ano nangyari sa ikaapat na kinasama ni Mama."**

"***Ika-apat? Wow,***" sabi niya bago umubo. "***I-I mean, do you have his name?***"

*Anong wow? Tukmol 'to.*

**"Wow ka dyan,"** inis na sabi ko. **"Hindi ko alam pangalan niya. Hindi sinabi ni Aries o Kuya."**

"***I will figure it out. Basta wag ka na umiyak.***"

Tumango ako na para bang kaharap ko siya. **"Hindi na."**

Mahina siyang tumawa. "***Magtulog na. You need to rest.***"

**"Kaso paano kung wala kang mahanap na sagot?"**

"***Ako pa ba?***" Mayabang na sagot niya.

Mahina akong tumawa. Oo nga pala. Meron siyang linyang pang-bangko.

"***Wag mo na isipin 'yon, ako na bahala. Matulog ka na.***"

**"Sige, goodnight—morning pala."**

Meron pa sana siyang sasabihin pero pinatay ko na ang tawag. Nakakaramdam na rin kasi ako ng antok.

Tumitig ako sandali sa kisame ng kwarto ko matapos mahiga ulit. Ayokong maalala ang nakaraan ko pero hindi ko naman pwedeng pigilan kung kusa ng bumabalik lahat. Natatakot ako sa malalaman ko.

Kailangan ko sigurong ihanda ang sarili ko kaso paano naman.

Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako. Nagising na lang ako ng marinig ko ang pagkatok sa pinto ng kwarto ko.

**"Jay, buksan mo nga 'tong pinto."** Boses ni Mama ang tumatawag sa 'kin.

Bumangon ako at kinusot ang mga mata ko. Balak ko pa sanang bumalik sa paghiga kundi ko lang narinig ang pagmumura ni Mama. Napilitan akong tumayo at buksan ang pinto.

*Ang aga naman.*

**"Kumain ka na do'n, pananghalian na,"** sabi ni Mama habang dala-dala ang mga bagong tuping damit ko.

Lumapit siya sa cabinet ko para ilagay 'yon.

**"Hindi na kita ginising kanina, sabi ni Kuya mo madaling araw na daw kayo umuwi."**

Antagal ko bang natulog at inabot na ko ng pananghalian? Sumasakit ang sikmura ko. Mukang nagwawala na ang mga alaga ko.

*Kumalma kayo, kakain na rin tayo.*

Kumuha ako ng pamalit na damit at dumiretso sa banyo. Kahit lunes wala nga pala kaming pasok. Exam week na kasi at binibigyan kami ng ilang araw na pahinga bago ang araw na parusa. Nakakaiyak.

Sana nasa isip ko pa ang mga ni-review ko. Paano na lang kung nawala na lahat? Ano na lang ako sa araw ng exam? Ang yabang-yabang ko pang magsabi na aayusin ko na talaga ang pag-aaral ko.

Paglabas ko ng banyo, siyang tapos naman ni Mama sa ginagawa niya. Natigilan siya ng makita ang itsura ko.

**"Gasgas ba yang nasa muka at braso mo?"** tanong niya at tinignan din ang binti at tuhod ko. **"Bakit ka puro galos?"**

Natigilan ako. Hindi nga pala niya alam ang nangyari kahapon sa bahay ni Sir Alvin. Hindi ko alam kung may balak ba sila Tita na sabihin sa kanya. Pero parang mas mabuti kung wag na lang nilang ipaalam.

*Sandali, bakit pamilyar ang sitwasyon?*

Parang ganito rin si Aries sa 'kin kagabi.

**"W-Wala lang 'yan. Ilang beses kasi akong nadapa kahapon,"** sagot ko.

Halatang ayaw niyang tanggapina ng sagot ko pero hinayaan na lang niya.

**"Kumain ka na do'n."** Utos niya bago tuluyang lumabas ng kwarto ko.

Sumunod ako sa kanya habang nakanguso ako. Pakiramdam ko kasi mali ang galit ko sa kapatid ko kagabi. May tama naman kasi siya —sa sinabi niya, hindi sa utak. Masyado lang talaga akong demanding kagabi at ng hindi makuha ang gusto nagwarla na kagad ako.

*Kainis minsan ang pagiging immature ko.*

Nakalagpas na ko sa pinto ng kwarto ni Aries ng biglang bumukas 'yon. Pareho pa kaming huminto at tinignan ang isa't isa.

**"Bakit?"** tanong ko na pinagtaka niya. **"Bakit ang pangit mo?"**

Napairap siya. **"Sa 'yo pa talaga nanggaling 'yan ah?"**

**"Malamang . . ."**

Sinara niya ang pinto at naglakad na. Sumunod naman ako sa kanya. Bago pa siya makarating sa hagdan pinigilan ko siya.

**"Pasan mo ko,"** request ko at mabilis siyang tumanggi.

**"Ang bigat-bigat mo, manahimik ka."**

Hinablot ko ang braso niya at sapilitang sumakay sa likod niya. Napasigaw naman siya habang naghahanap ng makakapitan.

**"Mahuhulog tayo!"** sigaw niya pero nakapasan pa rin ako ng maayos. **"Ang bigat mo!"**

Wala siyang choice kundi ang bumaba ng hagdan habang pasan ako. Mahina akong tumawa na mukang kinainis niya.

*Baka bigla niyang isumpa ang kapalaran ko.*

Nakita pa kami ni Tita Gema na tinawanan lang kami.

**"Do'n. Kakain tayo,"** sabi ko habang nakaturo sa Dining.

Nasa lamesa pa si Kuya Angelo na mukang patapos ng kumain. **"What the . . ."** Dinig kong sabi niya.

Binaba ako ni Aries sa tabi ng lamesa.

**"My back. My back,"** reklamo niya habang hawak ang likod.

**"Ano bang akala mo sa sarili mo? Magaan?"** tanong ni Kuya sa 'kin.

**"Magaan lang naman talaga ako."**

Malakas siyang tumawa. **"Pangarapin mo."**

Napanguso ako at hindi na lang siya pinansin. Naghain na alng ako ng pagkain ko at sinimulan ng kumain. Natapos ang pinsan ko pero hindi pa rin siya umaalis sa kinauupuan niya. Kaharap niya ang iPad at parang merong hinahanap.

*Busy na naman siya.*

Ilang beses pa siyang nagbuntong hininga. Mukang stress na stress siya sa ginagawa.

**"What's wrong?"** tanong ni Aries sa kanya.

**"I can't find a place for Alvin and Cindy to move. Mapipilitan akong palipatin sila sa unit ko o dito sa bahay, temporarily."**

Kaylangan na nga pala nilang lumipat dahil expose na ang property nila. Kawawa naman ang mag-asawa pati na rin si Yuri na nakikitira sa kanila.

*Sandali paano na nga pala si Yuri kung dito titira sila Sir?*

**"Pati rin ba si Yuri makakasama sa kanila?"** tanong ko at nagpalipat-lipat ang tingin sa 'min ni Aries.

**"Wait, what? Bakit sasama si Yuri?"**

**"Nasa pangangalaga pa rin siya ni Cindy. Not sure what her plan is pero hinahayaan na lang muna namin,"** paliwanag ng pinsan ko.

Walang nagawa ang kapatid ko kundi tanggapin ang sinabi ni Kuya. Kaya talagang lilipat din dito si Yuri kung wala nga silang mahanap na lilipatan ng bahay.

Matapos kumain, iniwan ko na sila para bumalik sa kwarto ko. Agad kong hinanap ang cellphone ko para tignan kung meron bang message ang

Hari ng mga Ulupong. Hindi naman ako nabigo dahil meron siyang text message.

**From:** *King_Bingi*

**Message:** *I'm outside your house.*

Nanlaki ang mga mata ko. Walang pasabi na pupunta siya. Hindi pa ko naliligo. Paano ko siya haharapin kung ang asim-asim ng amoy ko.

Balak ko sana siyang padalhan ng message ng bigla siyang tumawag. No choice ako kundi sagutin ang tawag.

**"Hello?"** bungad ko.

**"*I'm outside,*"** sabi niya at nakagat ko ang ibabang labi ko.

**"Maliligo muna ko. Okay lang?"**

**"*Pupuntahan kita—.*"**

**"Sandali! Lalabas na!"** Putol ko sasabihin niya at pinatay ang tawag.

Hindi siya pwedeng makita ni Kuya at Mama. Magtataka ang mga 'yon kung bakit siya andito sa bahay. Syempre, wala na kaming alone time, kaya paano namin pag-uusapan ang tungkol sa pinapahanap ko.

*Tsaka hindi kami makakapag-ano . . . tsismisan.*

Pinahiran ko na lang ng deodorant ang kili-kili ko. Nagpalit din ako ng maayos na damit. Nagsuklay din ako kaso mukang makakalbo na ko sa dami ng buhok na natanggal. Nagpulbos din ako pero hindi ko alam kung naikalat ko ba ng maayos. Nang masiguro kong okay na ang amoy ko, lumabas na ko ng kwarto.

Laking pasasalamat ko ng walang ibang tao sa sala at garahe. Mabilis akong nakatakbo palabas ng bahay. Hinanap ko ang kotse ng kumag at kagaya ng inaasahan ko nasa kalayuan na naman siya nag-park.

Mabilis akong sumakay at agad din naman niyang pinaandar ang sasakyan.

**"Tumakas lang ako,"** bungad ko sa kanya pero wala siyang sinabi.

Sandali ko siya tinignan at parang napaka-seryoso niya. Hindi ko tuloy maiwasan na kabahan. Hindi rin naman nagtagal ang byahe namin, naghanap siya ng pwedeng hintuan at do'n nagpark ng sasakyan.

**"Kumusta? May nahanap ka?"** tanong ko at malalim siyang huminga.

Nasa manibela pa rin ang mga kamay niya. **"Jay . . ."**

Nag-abang naman ako sa sasabihin niya. Para akong bata na naghihintay ng reward.

**"I don't think you're ready to hear what happened to your Mom's ex."** Seryosong sabi niya.

Kinabahan ako. Bakit pakiramdam ko may kung anong masamang bagay ang nangyari sa kanya? At kasalanan ko o namin ni Mama.

**"P-Pwedeng sabihin mo na lang?"**

Napasandal siya at napatingala. **"This might triggered your symptoms."**

**"Keifer, wag naman pati ikaw."** May pagmamakaawa sa tono ko. **"Bakit mo pa ko inaya dito kung hindi mo rin pala ako bibigyan ng sagot?"**

**"Dahil gusto kong pag-usapan natin ng maayos na hindi ka maghahanap ng details tungkol sa kanya."**

*Mas lalo lang akong nangangati malaman ang nangyari.*

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Bakit ba ginagawa nila sa 'kin 'to? Hindi ba nila naisip na lalo lang akong nahihirapan kapag wala akong makuhang sagot sa mga tanong ko.

Hinawakan ni Keifer ang isang kamay ko, sinubukan kong ilayo 'yon pero naging mahigpit lang ang pagkakahawak niya. **"Jay, please listen."**

Umiling ako. Pinipigilan kong maiyak.

**"Jay . . . Paano kung sabihin ko sa 'yong baka ang lalaking 'to ang dahilan ng paghihirap mo mentally?"** Tinignan ko siya. **"I'm not saying that he is but he could be the cause of your symptoms. Hindi ko pwedeng i-risk ang kalagayan mo just to satisfy your curiosity."**

Naiintindihan ko ang gusto niyang sabihin pero siguro maiintindihan niya ko kung sasabihin ko sa kanya ang dahilan ko.

**"Meron akong nakita,"** sabi ko at tumahimik naman siya para makinig. **"Kahapon, matapos makaharap si Ram. Meron akong nakitang lalaking duguan. Galit na galit siya at bigla na lang sumigaw na papatayin niya kami ni Mama."**

**"You remembered?"** Pagkumpirma niya at tumango naman ako.

**"Bukod do'n, may napanaginipan din ako. Kasama ko si Mama at meron siyang mga pasa. May tumawag na lalaki sa kanya pero wala siyang muka."** Malalim akong huminga. **"Alam kong ala-ala ko 'yon at hndi bastang panaginip lang."**

Binitiwan ako ni Keifer at naging tahimik siya. Parang nag-iisip siyang mabuti sa kung anong dapat niyang gawin o kung ano ang nangyayari sa 'kin.

*Ako rin, gusto ko malaman kung anong nangyari sa 'kin.*

**"Pero anong dahilan kung bakit mo 'yon naalala ng gano'n lang?"** Nag-aalalang tanong niya.

Umiling ako. **"Hindi ko rin alam."** Napayuko ako. **"Sabi ni Aries apat ang kinasama ni Mama pero tatlong pangalan lang ang binigay sa 'kin ni Kuya. Kaya gusto kong malaman kung sino ang ika-apat dahil baka connected din siya sa mga nangyayari sa 'kin."**

Hinawakan niya ulit ang kamay ko. **"Pero tingin ko hindi safe na makilala mo siya."**

Hinawakan ko rin ang kamay niya. **"Alam ko. Kung ako lang ang susunod ayoko ng bumalik ang mga ala-ala ko kasi natatakot ako pero kapag naiisip ko na nasaktan din si Mama, hindi ako mapakali."**

Dahan-dahan niya kong hinatak para yakapin ng mahigpit. **"Okay, if you badly wants to know. I will tell you."** Humiwalay siya ng yakap. **"But in one condition, kapag na-trigger ang symptoms mo makikipagkita tayo sa Doctor."**

Pakiramdam ko nautakan ako sa sinabi niya. Alam niyang ayaw kong magpunta ng Doctor. Pero kung hindi naman ako papayag hindi ko malalaman ang sagot.

*Ang utak talaga nito.*

Dahan-dahan akong tumango. **"S-Sige."**

Malalim siyang nagbuntong hininga. Dalawang kamay ko ang hinawakan niya pero pinasadahan muna niya ng punas ang noo ko.

**"Meron kang pulbos."**

*Ampucha naman.*

Sabi ko na hindi ko napahid ng maayos. Hinawakan ulit niya ang mga kamay ko.

**"Jay, his name is Rodrigo Abalos . . ."** Bahagya siyang umubo. **"And your Mom, killed him."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 380

**A/N:** See yah sa MIBF. hehe

**The murder**

***Jay-Jay's POV***

**"Kalmado ako,"** pagpipilit ko sa pesteng Hari ng mga Ulupong.

**"No. You're not."**

Malapit ng mapitik ang pasensya ko sa lalaking 'to. Kalmado ako pero pinipilit niya na hindi maganda ang kalagayan ko para lang hindi na niya ituloy sabihin sa 'kin ang nalaman niya.

*Mamaya lang hindi na ko kalmado.*

**"Kalmado ako,"** sabi ko at pasimpleng huminga ng malalim.

**"You flinch,"** sagot naman niya.

*Ay putangina nito eh.*

Halos manlaki ang butas ng ilong ko sa paghinga ko ng malalim para lang pakalmahin ang sarili ko. Inuubos ng lalaking 'to ang pasensya ko.

**"Ay malamang, sinong hindi magf-flinch-flinch sa sinabi mo tungkol sa Nanay ko?"**

Pinilit ko namang hindi mapasigaw o mahalata sa boses ko na pikon na ko.

**"Bakit nanlalaki butas ng ilong mo?"**

*Putangina naman!*

Naitaas ko ang dalawang kamay ko para sana sabunutan ang sarili ko dahil sa yamot ko dito sa pesteng kumag na 'to. Pero dahil alam kong pinapanood niya ko mabilis akong nag-isip ng ibang gagawin sa mga kamay ko.

Nauwi 'yon sa pagpalakpak at agad kong sinundan ng pagkanta.

**"Ang mga ibon, na lumulipad. Minamahal ng Diyos, hindi kumukupas..."**

Taka niya kong pinanood. **"You're definitely not okay."**

Napakurap-kurap ako. Suko na ko. Kung ayaw niyang maniwala na kalmado ako, pwes kailangan ko siyang pilitin na magsalita. Sapilitan.

Naningkit ang mga mata ko sa kanya. **"Alam mo, uuwi na lang ako kung hindi mo rin naman sasabihin sa 'kin lahat ng nalaman mo."**

**"Jay . . ."**

**"Tapos sasabihin ko kay Kuya na binanatan mo siya sa batok kaya siya nawalan ng malay."** Mabilis kong kinapa ang bukasan ng pinto para makalabas pero mas naging mabilis ang kamay ni Keifer para pagilan akong abutin 'yon.

Dalawang kamay ko agad ang hinawakan niya.

*Takot ka no?*

**"Oh bakit? Bakit?"** tanong ko sa kanya.

**"Wag ka munang umalis, we're not yet done talking."**

**"Not yet done? Eh ayaw mo nga sabihin sa 'kin ang totoo."** Inis na sabi ko. **"Takot ka lang sa pinsan ko eh."**

**"No, I'm not. Hindi siya ang inaalala ko sa mga oras na 'to."** Mayabang na sagot niya.

*Talaga ba?*

Napa-ismid ako bago piliting agawin ang mga kamay ko. Tinignan ko siya ng masama.

**"Seryosong usapan kasi, okay lang talaga ako. Handa na ang loob ko sa kung anong pwede kong malaman."**

Hinawakan niya ang isang kamay ko. **"I don't think you are—."**

**"Keifer naman!"** Halos magmakaawa ako.

Pilit kong binawi ang kamay ko pero hinigpitan niya ang gawak. Naiinis akong nagpapaligoy-ligoy lang kami. Gusto ko ng malaman ang totoo. Oo, pumasok na rin sa isip ko na baka hindi ko kayanin o maging dahilan ng panibagong problema pero mas mahirap kung puro lang ako isip ng mga posibilidad pero wala naman akong makuhang sagot.

Nakakapagod mag-overthink. *Lalo na kung maliit lang ang gamit ko pang-think.*

**"Okay. Okay. Sasabihin ko na."** Pagsuko niya.

Kita ko ang hirap sa mga mata niya. Binitiwan niya ang kamay ko. Meron siyang kinuha sa passenger seat na sinundan ko naman ng tingin. Brown folder 'yon na maraming nakaipit na papel. Tinignan niya ko ulit bago buksan ang folder.

**"This are the copies of the documents related to the homicide or murder case,"** sabi niya at pinilit ang ilang papel para iabot sa 'kin. **"According to the investigation, it was a homicide case. Pero meron**

**nakikialam sa kaso na maaaring pamilya ni Rodrigo. They say it was a murder case and they have witnesses. Ang problema ayaw magsalita ng mother mo."**

Tinignan ko ang mga papel na binigay niya sa 'kin. Meron pang death certificate ni Rodrigo. Police report at kung ano-ano pa na hindi ko na pinagkaabalahang basahin.

*Nakakahilo basahin.*

**"Anong ayaw magsalita?"**

**"Walang kahit na anong record ng statement niya sa nangyari."**

Napaisip ako. Kilala ko ang Nanay ko, imposibleng hindi siya magsalita. Ang tapang-tapang no'n, kung alam niyang agrabyado siya hindi siya papayag na mapabagsak siya ng gano'n-gano'n lang. Malamang nga matakot ang mga pulis sa bunganga niya.

**"Pero bakit?"**

**"Maybe she was in a state of shock before that she couldn't give any statement at all."**

Binalik ko ang mga papel na binigay siya sa 'kin. Napayuko ako bago nahilamos ang muka ko.

*Parang may mali.*

**"Keifer . . ."** tawag ko sa kanya at tumahimik naman siya para hintayin ang sunod kong sasabihin. **"Anong dahilan, bakit napatay siya ni Mama?"**

Napabuntong hininga siya. **"You . . . and your Mom . . . are victims of domestic violence. According to the report, she fought back to save you and her life."**

Ang bigat sa dibdib pakinggan pero hindi ako pwedeng umiyak. May usapan kami ni Keifer, kapag nakita niyang apektado o lumabas ang symptoms ko hindi na siya magsasalita at kailangan din naming pumunta ng Doctor.

Kusang bumalik sa 'kin ang mga kwentuhan ng mga tao sa paligid ko. Kapitbahay, kamag-anak at kung sino-sino basta kilala kami. Alam nilang sinaktan si Mama pero sa huli siya rin ang sisihin nila.

"*Kasalanan naman niya, bakit kasi 'yon ang kinasama niya?*"

Gusto kong malaman, nong mga panahon na nagdurusa kami o si Mama sa pananakit ng asawa niya, meron kayang sumubok tumulong sa 'min? 'Yong mga taong walang sawang sinisiraan si Mama sa harap ko, sinubukan kaya nilang alamin ang kalagayan namin? Habang may oras silang pagtsismisan kami, naglaan din kaya sila ng oras kumustahin kami nong mga panahon na 'yon?

Nahihirapan akong isipin na sinalo ni Mama lahat ng paghuhusga pagkatapos dumagdag pa ko.

*Ako . . . Ang kapal ng muka ko.*

Matapos niya kong iligtas ako pa ang may ganang magsalita ng hindi maganda sa kanya.

*Ang Mama ko.*

Naalala ko ang mga panahon na hinihintay ko siyang dumating o bumisita sa bahay ni Lola. Pasko, birthday ko, birthday niya o kahit na anong okasyon. Ni-minsan hindi siya nagpakita sa 'kin. Kasi pala nasa kulungan siya at pinagbabayaran ang kasong 'to.

Totoo nga ang minsang narinig kong pinag-uusapan ni Lola at Tita Jenny sa bahay. Nasa kulungan nga si Mama. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nilang itago sa 'kin 'yon. Ang alam ng lahat iniwan ako ng Nanay ko kay Lola.

**"C-Case close na 'to 'di ba?"** tanong ko.

**"It was but recently binubuksan na naman nila ang kaso. Just what like I mentioned merong nagc-claim na murder dapat ang case at meron daw silang witness,"** sagot niya at merong papel na hinanap at inabot sa 'kin. **"May statement din dito mula sa iba pang kinasama ng Mother mo."**

Napalingon ako sa kanya bago basahing mabuti ang nasa papel. Tinignan ko ang pangalan na nakalagay. Dalawang pamilyar na pangalan ang bumungad sa 'kin. Binanggit na sa 'kin ni Kuya ang mga pangalan nila. Jim Alcantara at Alex Ramos.

Hindi ko mapigilang mainis sa mga nakasulat. Pinapalabas nilang may chance talagang maging mamamatay tao ang Nanay ko. Sinasabi nila na pinagbantaan din sila ni Mama no'ng mga panahong nagsasama pa sila. Napahigpit ang hawak ko sa papel kaya nalukot.

**"Jay?"** tawag sa 'kin ni Keifer na nagpabalik sa 'kin sa wisyo.

Sandaling bumalik sa 'kin ang mga sinabi ni Kuya nang marinig ko silang mag-usap ni Tita Gema pati na rin no'ng unang beses niya kong dalhin kay Dra Claudia. Gusto niyang makaalala na ko dahil merong kaso si Mama.

*Ito ba ang dahilan? Ito ba ang kasong tinutukoy niya?*

Binalik ko ang papel sa Hari. **"Hindi kaya, ito ang dahilan kaya gusto ni Kuya na makaalala na ko?"**

**"He wants you to what?"**

**"G-Gusto ni Kuya na ipadala ako sa psychiatrist para raw makaalala na ko. Narinig ko sila dati na pinag-uusapan 'yon at nong dinala rin ako sa psychiatrist ng walang pasabi sa 'kin,"** paliwanag ko at parang nagdilim ang muka ni Keifer.

**"No, no, he can't force you to do that. That's risky."** Galit na sabi niya.

Napayuko ako. **"Pero tingin ko tama siya."**

Binaba niya ang folder na hawak sa passenger seat at akmang bubuksan ang pinto ng kotse para lumabas pero pinigilan ko siya.

**"Saan ka pupunta?"** Takang tanong ko habang mahigpit ang hawak sa braso niya.

**"I will talk to your cousin. Hindi pwede pilitin niyang makaalala ka."**

Tinangka ulit niyang buksan ang pinto pero pinigilan ko na naman siya.

*Kumalma ka muna!*

**"Sandali! Gusto mo bang magkagulo na naman?"** Inis na tanong ko. **"Tandaan mo, ayaw nilang ipaalam sa 'kin ang totoong nangyari. Paano kung malaman nilang pinahanap ko sa 'yo 'to?"** Sabay turo sa folder sa backseat.

Mukang nahimasmasan naman siya sa sinabi ko. Malalim siyang huminga para pakalmahin ang sarili. Binitiwan ko siya ng masiguro kong hindi na siya magtatangkang lumabas.

Pareho kaming tumahimik ng ilang minuto. Malalim siyang nag-isip na para bang iniisip na niya kung paano ulit babanatan ang pinsan ko. Samantalang ako merong ibang bagay na iniisip.

*Nice, meron tayong isip ngayon.*

Naguguluhan kasi ako, ayaw nilang ipaalam ang nangyari sa 'kin pero gusto naman ni Kuya na makaalala na ko. Hindi ba nila naisip na kapag nakaalala na ko malalaman ko na ang totoong nangyari. Posibleng ayaw akong biglain ni Aries pero kontra naman ang pinsan kong kamatayan.

Maglalaban ang nanghuhula ng kapalaran at ang sumusundo ng patay. Sino kaya mananalo sa kanila? Siguro si Kuya kasi *pawerpul* siya. Tingin pa lang alam mong ihahatid ka na sa himlayan.

*Pero may mali talaga, parang merong kulang.*

Sinubukan kong isa-isahin lahat. **"Napatay ni Mama si Rodrigo. Nakulong siya at nakalaya. Ngayon binubuksan ulit ang kaso. Meron**

**silang witness laban kay Mama. Kailangan ni Mama ng witness sa nangyari kaya gusto ni Kuya na makaalala ako. Pero bakit kailangan niya pa ng witness? Napatunayan naman dati na pinagtanggol lang ni Mama ang sarili niya at ako. Hindi ba nila ulit magagawa 'yon ngayon?"**

Umiling si Keifer. **"Remember when I mentioned na walang statement ang mother mo? Physical evidence at hospital record mo lang ang ginamit nila non, salamat na rin sa ilang kapitbahay niyo na nagsalita para sa inyo. Hindi na sapat 'yon ngayon dahil my witness na rin sila against sa inyo. They need a strong evidence, a witness na nasa loob din ng bahay."**

*Ako ang witness na 'yon.*

Nanlambot ako. Paano ako magiging witness kung wala akong maalala? Paano ako magbibigay ng statement kung tuwing naalala ko ang nakaraan ko kinakain ako ng takot? Paano ko matutulungan si Mama?

Bigla akong nainis sa sarili ko. Pakiramdam ko wala akong magawa para makatulong. Napaka-walang kwenta ko.

**"Keifer, tingin mo ba dapat na kong pumunta sa Doctor?"** tanong ko.

**"Para malaman ang sakit mo? Oo, pero kung para lang pilitin mo ang sarili mo makaalala, then it's a no."**

Kinagat ko ang ibabang labi ko. Pero kailangan ko ng makaalala. Paano ko matutulungan si Mama? Baka isang araw puntahan na lang siya ng mga Pulis para sunduin at ikulong ulit. Baka sa pagkakataon na 'to, mas matagal na panahon pa siya makulong o kaya hatulan siya ng habang buhay.

*Meron akong dapat na gawin.*

**"Pero . . . Kasi . . ."**

**"Think Jay. Anong nangyayari sa 'yo kapag nakakaalala ka? Anong nararamdaman mo?"**

'Yung takot, 'yung pakiramdam na hindi ako makahinga at parang merong nakasakal, 'yung pakiramdam na nakakulong ako at limitado ang galaw, para akong nakagapos kahit wala namang may hawak sa 'kin, mahirap gumalaw at makapag-isip, 'yung pakiradam na hindi makalaban, at higit sa lahat 'yung pakiramdam na katapusan ko na.

Marami pa kung tutuusin pero 'yan ang laging nananaig sa 'kin.

**"What if doble non ang maramdaman mo kapag biglang bumalik sa 'yo lahat. Kakayanin mo ba?"** tanong niya at kita ko ang pag-aalala niya.

*Kakayanin ko nga ba?*

Umiling ako. **"Baka hindi."**

Hinawakan niya ang parehong kamay ko. **"We will figure it out. Wag mong pipilitin ang sarili mo. Alam kong natatakot ka para sa Mama mo, pero makakagawa tayo ng paraan. If we need to look for a new witness gagawin natin."**

Gusto ko na talagang umiyak pero pinipigilan ko. Kailangan kong maging matatag at makapag-isip ng maayos. Tama si Keifer, hindi ko dapat pilitin ang sarili ko makaalala. Makakahanap kami ng ibang paraan para matulungan ang Mama ko.

Tumango ako sa kanya at pilit ngumiti. **"Magtitiwala ako sa sinabi mo."**

Ngumiti siya at hinalikan ang isang kamay ko. Mabigat sa pakiramdam na wala akong maisip na paraan para sa Nanay ko. Hanggang paghihintay lang ang kaya kong gawin ngayon. Paghihintay na bumalik ang nangyaring insidente sa isip ko o paghihintay na makahanap ng panibagong witness para kay Mama.

Kung alin man sa dalawa ang mauna, sana parehong makatulong sa 'min.

Niyakap ko si Keifer na pinagtaka niya. Yumakap din naman siya at hinalikan ako sa gilid ng ulo.

**"Sa totoo lang nahihiya ako sa 'yo,"** bulong ko sa kanya.

**"Bakit?"** natatawang tanong niya.

**"Kasi ikaw ang naaabala ko sa mga ganitong bagay."**

**"Mas gusto ko rin naman kung sa 'kin ka lalapit. Para alam kong makukuha mo ang tulong na kailangan mo."**

*Ang gaang naman sa pakiramdam.*

Napangiti ako. Asikasong asikaso niya ako. Pero bigla rin akong napaisip, sinong nag-aasikaso sa kanya? Sinong tinatakbuhan niya kapag kailangan niya ng masasandalan? Ako dapat 'yon pero ni-minsan hindi pa siya nagsabi ng sama ng loob, liban sa mga panahon na nagkakagulo kaming tatlo nila Yuri at umamin ako sa totoong nararamdaman ko.

Pansin ko rin pati problema ng mga Ulupong siya rin ang nagh-handle minsan. Nagagawa pa rin niya 'yon sa kabila ng mga dapat niyang gawin sa mga kapatid niya at sa mga dinanas niya.

Humiwalay ako ng yakap at tinignan siya. **"Kung pupunta akong psychiatrist, pwede bang sumama ka?"**

Matamis siyang ngumiti. **"Of course, sasamahan kita."**

**"Sumama ka at magpatingin din."**

Bahagya siyang natawa. **"What?"**

Tinitigan ko siya at ipinakitang seryoso ako sa mga sinasabi ko. Akala niya nagbibiro ako kaya pangiti-ngiti pa siya pero unti-unti ring nawala ang ngiti niya at napalitan ng pag-aalala.

**"Jay? What are you thinking?"**

**"Kasi kung tutuusin pareho lang tayo ng childhood. Pareho tayong may pinagdaanang hindi maganda. Kung ako na malakas ang loob nagkaroon ng sakit, paano pa kaya ikaw?"** sabi ko at mukang nakuha naman niya ang gusto kong iparating.

*Wag ka mag-aalala, malakas lang topak mo pero hindi ka baliw.*

**"I like that you are worried about my mental health."** Sandali niyang kinagat ang ibabang labi. **"My apology for not telling you but I'm already seeing a psychiatrist and psychologist for myself."**

Napakurap-kurap ako. Ibig sabihin nagpapa-Doctor na siya non pa. Napakurap-kurap ako.

**"Ibig sabihin nagpapa-Doctor ka na."**

Tumango siya. **"Hindi ko muna talaga sinabi sa 'yo dahil ayokong ma-pressure ka o mag-isip ka ng hindi maganda. Tamang hinala ka pa naman."**

Ngumiti siya sa huling sinabi niya. Parang gusto kong lamutakin ang muka niya. Paano naman ako naging tamang hinala?

*Gagong 'to, ang tino-tino ng usapan.*

**"Tamang hinala ka dyan!"** Inis na sagot ko at tumawa siya.

**"Sige, hindi na."**

**"Anong hindi na? Pinagt-tripan mo na naman ako!"**

Tinuro niya ko habang tumatawa pa rin. **"Ayan! Ayan! Look! Tamang hinala ka na naman!"**

*Tangina nito, ginagago na naman ako.*

Hinampas ko siya na agad naman niyang pinigilan. **"I'm just kidding."**

**"Seryoso kasi ako. Kailan ka pa bumibisita ng psychiatrist?"**

**"No'ng iwan ko kayo, after I . . ."** Natigilan siya at nagbago ang expression ng muka niya. Para siyang may biglang pinagsisihan. **"A-After I hurt you."**

Natigilan din ako. 'Yun ang mga panahon na nalaman ko na ang totoo tungkol sa plano nila at pati na rin tungkol kay Aries.

**"I truly regret what I did back then. For me, having a childhood trauma is not an excuse for bad behavior."** Ngumiti siya sa 'kin. **"Lagi**

**tayong my option. We always do. Kaya after that pinili kong baguhin ang sarili ko, syempre hindi ko 'yon magagawa kung walang professional help."**

Napakurap-kurap ako. **"Paano naman ako? Parang sinabi mo na rin na masama talaga ang ugali ko at walang kinalaman ang pinagdaanan ko,"** sabi ko na may halong inis.

Malakas siyang tumawa. **"Tamang hinala ka na naman. Syempre magkaiba tayo, ako controllable pa ang action ko, ikaw hindi na. Wala ka ngang maalala sa ginawa mo 'di ba?"**

*Oo nga naman, correct siya don.*

Pero hindi ako tamang hinala. Ewan ko kung saan niya nakuhang tamang hinala ako. Bahagya akong napangiti. Nakakatuwa kasi na sini-seryoso niya talaga ang sinabi niyang magbabago siya. Talagang lumapit pa siya sa Doctor.

**"Sasamahan pa rin kita kung gusto mo magpunta sa Psychiatrist."**

Tumango ako. **"Hindi pa siguro ngayon, pero mas gusto ko kung sa lalong madaling panahon."**

**"Please, no pressure."**

Paano ko kaya sasabihing pressured na pressured na ko? Para akong nasa loob ng pressure cooker. Ka-level ko ang 45-Days old na manok pero lumagpas na ng 45 days kaya makunat na.

*Ayan, nagugutom na ko.*

**"Anong pakiramdam makipag-usap sa Doctor? Nakakatakot ba?"**

Umiling siya. **"Kalmado sila. More listening than talking."**

Naalala ko so Doctor Claudia. Naging maldita ako sa kanya ng unang beses kaming magkita. Nong pangalawa medyo okay na kami, naging parang Ate ko siya kesa Doctor na gusto akong gamutin. Ganon din kaya ang ibang Doctor?

Sa ibang Doctor ko balak magpatingin. Hindi sa wala akong tiwala kay Doc Claudia, kaso close sila ni Kuya. Baka mamaya sabihin niya ang malalaman niya tungkol sa 'kin. Iba pa naman mag-isip ang pinsan ko.

*Super advance siya mag-isip.*

Napatingin ako sa phone ko ng tumunog 'yon. Tumatawag si Aries, mukang hinahanap na nila ko.

**"Bakit?"** tanong ni Keifer ng mapansing nakatitig lang ako sa phone ko.

**"Mukang hinahanap na ko. Kailangan ko ng bumalik."**

**"Okay, but before that. Can I at least have one kiss?"**

Parang may kumiliti sa bituka ko. Hindi ko tuloy alam kung gutom na ba ko o kinikilig lang. Tumingin ako sandali sa phone ko bago humarap ulit sa kanya.

Tumango ako at naging malapad ang ngiti niya. Lumapit siya sa 'kin at ganon din ako sa kanya.

*At syempre alam na natin ang susunod na pangyayari. Eme.*

Madaya nga lang ang Hari ng mga Ulupong dahil ang isang kiss ay nadagdagan ng isa pa, at ng isa pa, at isa pa ulit. Hindi rin naman siya nakatiis at hinawakan na ang dalawang pisngi ko.

**"Hoy,"** sita ko sa kanya.

**"What?"** Inosenteng tanong niya.

Bago pa man ako makapagreklamo ulit, naka-isang halik na naman siya. Hindi ko mapigilang matawa sa kanya.

*Tangina nito eh.*

Binitiwan niya ko at hinarap ang manibela. Nagmaneho siya pabalik sa 'min pero kagaya ng palagi niyang ginagawa, hindi siya nag-park sa tapat ng bahay.

Magpapaalam na sana ako pero ang bilis ng naging kilos niya. Nakahawak na naman ang dalawang kamay sa magkabilang pisngi ko at nanadtad ng halik. Hindi ko mapigilang matawa sa ginagawa niya. Pati siya natawa na rin.

Natitigan ko siya ng huminto siya at pagmasdan ako. Ilang beses ko bang sinubukang sabihin sa kanya na gusto kong maging kami na? Lagi na lang nauudlot. Baka pwede ko ng sabihin ngayon?

Hindi pa naman ako tinatadtad ng tawag kaya baka may oras pa.

**"Keifer . . ."** tawag ko sa kanya.

Ngumiti siya. **"My future Mrs Watson."**

Bahagya ako tumawa. Jasper Jean Mariano Watson. Okay naman, hindi naman masagwa pakinggan.

**"Naisip ko lang, pwede na sigurong . . ."** Kinagat ko sandali ang ibabang labi ko bago ipagpatuloy ang pagsasalita. **"Maging—Ay kalabaw!"**

Napasigaw ako dahil sa biglaang pagkalampag sa bintana ng kotse. Agad kong nilingon 'yon at ang muka ni Aries ang bumungad sa 'kin. Salubong na salubong ang mga kilay niya.

*Bwisit! Istorbo!*

Hinarap ko si Keifer at sumenyas sa kanyang lalabas na ko ng kotse. Tumango naman siya at hinayaan akong umalis.

**"Talagang dito pa kayo nagtatagpo? Umuwi ka ro'n!"** Galit na utos ni Aries paglabas ko ng kotse.

Malungkot na naman ba lovelife nito? Ang init na naman ng ulo. Pero okay na rin na siya ang nakakita sa 'kin kesa naman si Kuya Angelo.

**"At ikaw!"** Baling niya kay Keifer. **"Get lost!"** Pabalibag niyang sinara ang pinto ng kotse.

Hinarap niya ko at sinenyasang umuwi sa bahay. Ginawa ko naman at paminsan-minsang lumilingon sa kotse ng Hari.

*Label na naging bato pa.*

Daanin ko na lang kaya sa text. Kaso ang pangit naman no'n, dapat formal ang pagiging magjowa namin.

Nakasibangot akong pumasok sa bahay. Natigilan nga lang ako ng makita ko si Mama. Walang bakas ng paghihirap o kahit na anong pinagdaanan niya sa itsura niya. Parang normal na tao na gumagawa ng mga normal na bagay.

Hindi ko maiwasang mainis sa sarili ko habang pinapanood siya.

*Gago, wag ka iiyak.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 381

## A Mother

Pwede na siguro akong mag-apply na gwardiya. Magkano kaya sahod nila? Kaya kayang tustusan ang katakawan ko?

Kanina ko pa binabantayan ang Nanay ko. Mula sa laundry area, kusina, kwarto at kulang na lang pati sa banyo sundan ko siya. Muka ngang naiinis na siya sa 'kin.

**"Bakit ba hindi ka manahimik sa isang sulok?"** Inis na tanong niya sa 'kin. **"Kanina ka pa sunod ng sunod."**

**"Binabantayan kita. Baka bigla ka mawala."**

Tinaasan niya ko ng isang kilay. **"Saan naman ako pupunta?"**

*Baka damputin ka na lang bigla ng mga pulis.*

**"Baka lang magbalikan kayo ng ex mo,"** sagot ko at mabilis siyang sumibangot.

**"Bakit ko babalikan ang Tatay mo?"**

Naningkit ang mga mata ko. **"Si Andy ang tinutukoy ko."**

Agad siyang tumalikod at tinuloy ang ginagawang pagv-vacuum ng kwarto niya. Sige kaunti pa, medyo hindi halata na iniisip mo si Papa. Kaunti pa, galingan mo pa.

*Sandali, pagt-tripan kita.*

**"Ano namang nagustuhan mo sa kanya?"** tanong ko pero hindi siya sumagot. **"Dali na, nagtatanong lang naman."**

**"Mabait, tinanggap ako kay may anak na ko, hindi nage-expect ng kahit ano mula sa 'kin at higit sa lahat mahal ako."**

**"NI PAPA?"** Gulat na tanong ko.

Pinanlakihan niya ko ng mga mata. **"Si Andy ang tinutukoy ko."**

**"Ay akala ko si Papa."**

Bumalik siya sa ginagawa at pasimple naman akong natawa. Hinayaan ko muna siyang tapusin ang ginagawa bago ulit magsalita. Baka kasi mapikon siya sa 'kin at ibato na lang bigla ang vacuum.

Hindi rin naman siya nagtagal, binunot na niya sa saksakan ang vacuum at sinandal sa isang sulok. Binalikan niya ang kama para ayusin ang sapin at mga gamit na inalis niya sa pwesto para malinis.

**"Pero mahal mo naman? Hanggang ngayon?"** tanong ko at tinignan niya ko ng masama.

Pinakita ko naman sa kanyang seryoso ako kaya nakuha niyang hindi ako nagbibiro.

*'Yun ang akala niya.*

**"Siguro oo—."**

**"SI PAPA?"** putol ko sa sasabihin niya at muntik na niyang mabato sa 'kin ang unan na hawak.

**"Putrages ka! Do'n ka na nga sa labas!"**

**"Nagtatanong lang eh, bakit ba ang sungit mo? Menopausal ka na ba?"**

Napabuntong hininga siya. **"Wala ka bang ibang mapagtripan at ako ang naisip mong bwisitin?"**

**"Wala, tulog si Kuya, si Aries naman busy tapos si Tita Gema lumabas kasama si Tito Julz."**

**"Mag-review ka na lang. Exam niyo na 'di ba?"**

Ngumiti ako ng malapad sa kanya. **"Wag mo alalahanin 'yon. Masyado akong matalino para sa exam."**

**"Tangina sa kayabangan,"** sagot niya ng hindi ako tinitignan. **"May pinagmanahan."**

Akala siguro niya hindi ko narinig ang huling sinabi niya. Agad akong tumalon padapa sa kama matapos niyang ayusin ang sapin.

**"Kanino ako nagmana? Sayo? O kay Papa?"**

Napairap siya. Halatang ayaw sagutin pero hindi ko siya titigilan. Tinuloy niya ang ginagawang pag-aayos sa mga gamit sa loob ng kwarto. Sunod niyang binalingan ang cabinet niya at inayos ang mga damit.

**"Dali na, kanino nga ako nagmana?"**

Hindi niya ko pinansin kaya inulit ko pa ulit ang tanong sa mas malakas na boses. **"KANINO AKO NAGMANA?"**

Mukang nainis siya sa ginawa ko. **"Sa kakulitan? Sa Tatay mo."**

**"We? Hindi ako naniniwala."**

**"Lintik na 'to, nagtanong tapos hindi naniniwala sa sagot ko."**

Muntik na ko matawa sa sinabi niya. Ganyan din kasi ako magsalita.

**"Bakit ano ba ginawa ni Papa at nasabi mong makulit?"**

**"Nagpabalik-balik sa karindirya kung saan ako nagt-trabaho. Isang pirasong candy lang ang binibili, 'yun pala gusto lang malaman ang**

**pangalan ko."**

Pinigilan kong matawa ng malakas. Napakatindi ng Tatay ko. Oo nga, mukang sa kanya nga ako nagmana ng kakulitan.

*Mag-ama nga tayo.*

Sandali kong tinitigan si Mama. Siguro kung wala lang asawa si Papa baka naging maayos sila. Baka buo kami ngayon at lumaki kami ni Aries na magkasama, baka hindi napatay ni Mama si Rodrigo at hindi siya nakulong. Kung sana nagkakilala na lang sila bago ikasal si Papa.

Kahit buntis na siya kay Aries nagawa pa rin siyang magustuhan ni Papa. Napaupo ako habang yakap ang unan. Bumalik sa 'kin ang itsura ni Mama ng makita niya ang Tatay ni Aries. Kung alam ko lang na gano'n ang ginawa niya kay Mama hindi ko na sana siya dinala rito sa bahay.

**"Ma, galit ka pa rin ba sa 'kin dahil sa pagdala ko dito sa Tatay ni Aries?"** tanong ko.

Sandali siyang tumigil at tumingin sa 'kin. **"Hindi. Bakit naman ako magagalit sa 'yo?"**

**"Narinig ko kayo ni Tita Gema, alam ko kung anong ginawa sa 'yo ng lalaking 'yon."**

Nabitawan niya ang damit na hawak. Hindi niya inalis ang mga tingin sa 'kin.

**"Ma—."**

**"Lumabas ka na Jay. Magpapahinga na ko."** Putol niya sa sasabihin ko.

*Hindi ko yata dapat sinabing alam ko.*

Nakagat ko ang ibabang labi ko bago mabilis tumayo at lumabas ng kwarto niya. Hindi ko na dapat sinabi 'yon. Hindi ko na dapat pinaalam sa kanya ang narinig ko.

Ayaw nga niyang magsabi ng totoo sa 'kin tungkol sa nangyari sa kanya at kung bakit hindi niya ko mapuntahan, 'yung pa kayang ginawa ng hayop na Tatay ni Aries? Parang lalo ko lang siyang pinahirapan sa ginawa ko.

Hindi ko rin alam sa sarili ko kung bakit sinabi ko sa kanya. Siguro kasi, baka gusto ko rin na mag-share siya sa 'kin. Baka kasi magkaroon kami ng kahit kaunting koneksyon. Siya rin naman ang may sabi na gusto niyang magkaayos kami.

*Pa-connect naman.*

Ang hirap ng ganitong ayaw niya magsabi sa 'kin.

**"Jay?"** tawag sa 'kin ni Aries ng makasalubong ko siya. **"Bakit ganyan itsura mo? Para kang inapi."**

**"Naiinis kasi ako."**

**"Kumain ka na ba?"** tanong niya at tinignan ko siya ng masama.

*Ayos din tanungan nito.*

Pagkain ba agad ang sulusyon sa problema ko? Gano'n na ba ko kapatay-gutom sa paningin niya?

**"Ayain sana kita bumili sa labas. I bet there's no more threat in your life since Ram is gone,"** sabi niya at nagliwanag ang muka ko.

Meron pa talaga. 'Yung Tatay ni Keifer, pero mukang tahimik naman siya nitong nakakaraan matapos niyang bumisita sa ospital, kaya masasabi kong safe naman lumabas. At isa pa, meron ba makakapigil sa taong gutom.

Tumango ako sa kanya. **"Sige, bili tayo. Kailangan ko 'yan."**

Bahagya siyang natawa habang napapailing. Nagpaalam akong kukuhanin lang ang phone at wallet ko. Kahit walang laman gusto ko pa ring dalhin. Paglabas ko ng kwarto wala na siya kaya dumiretso na ko sa salas kung saan siya nakatayo malapit sa pinto.

**"Mag-bike na lang tayo,"** sabi niya at tumango naman ako.

Sabay naming pinuntahan sa garahe ang bike ko. Sinipat-sipat niya 'yon para tignan kung may problema ba. Medyo matagal ko na rin kasing hindi nagagamit.

**"Hindi ba flat ang gulong?"** tanong ko at pinindot ang gulong.

**"Hindi naman. Tara,"** aya niya habang hawak ang bike.

Siya na ang nagtulak palabas ng gate. Siya rin ang unang sumakay at tinuro sa 'kin ang likod para sabihing umangkas ako. Ginawa ko naman at agad siyang nagpidal para magmaneho.

Dapithapon na. Marami ng sasakyan sa daan dahil rush hour. Mabuti na lang magaling iiwas sa sasakyan si Aries at lagi lang nasa tabi. Ako namang 'tong alerto at panay ang lingon sa likod namin. May nakita pa kong driver ng kotse na nakangiti ng nakakaloko sa 'kin. Mukang nagpapa-cute ang gago, eh muka na siyang buhay na naaagnas.

Inirapan ko na lang siya at pinanood ang kotse niyang lumagpas sa 'min. Nakarating kami sa mini mart. Nasabay kami sa maraming tao kaya naghintay pa kami ilang sandali bago pumasok. Puro istudyante sa loob mula sa iba't ibang school ang karamihang namimili. Ang tatangkad nila kaya ang hirap alamin kung mga grade school student ba sila o highschool din kagaya ko.

Pero tingin ko ang ibang studyante mga college student dahil sa pamilyar na ID lace nila. Ang alam ko malayo Mini Mart sa University, paano sila nakadayo dito? Ang layo naman ng narating nila.

**"Ayan Pre, taga HVIS. Kuhanin mo number,"** dinig kong sabi ng isang lalaki sa kasama niya. Pareho silang college student at nakatingin sa papalapit na grupo ng mga babaeng schoolmate namin.

Alam ko nga may pasok ang ibang year dahil hindi naman kami sabay-sabay ng exam day.

**"Tanga minor pa 'yan."**

**"Papayag 'yan, pa-walk naman mga HVIS,"** sagot ng isa at nagtawanan sila.

Hindi ko maiwasang tignan sila ng masama. Hindi ko alam kung ano ibig nila sabihin sa '*pa-walk*' pero ramdam kong masamang salita 'yon, lalo na sa paraan ng pagtatawanan nila.

*Gago yata 'tong mga 'to.*

**"Jay,"** tawag sa 'kin ni Aries na umagaw ng atensyon ko. **"Sama mo makatingin, baka mapaaway ka dyan."**

**"Sila kasi . . ."** sabi ko sabay turo sa mga college student. **". . .sinabihang pa-walk ang mga HVIS. Ano ba ibig sabihin no'n?"**

Kita ko ang pagsalubong ng mga kilay niya pero agad niyang inayos ang reaksyon. Tinignan niya sandali ang mga college students at hinarap ako ulit bago hatakin palayo.

**"Just ignore them, pumili ka na ng gusto mo,"** utos niya.

Magp-protesta pa sana ako pero natanaw ko ang panibagong dagsa ng mga istudyante sa labas. Mahirap bumili kung masyadong maraming tao. Kinuha ko na lang ang mga gusto kong bilin. Sandali pa kong umikot sa loob ng Mini Mart.

Matapos makuha lahat ng gusto ko binalikan ko si Aries. Nakita ko siyang hawak ang phone at parang may kinuhanan ng picture. Pagkatapos nag-type siya sa phone niya. Tinignan ko kung sino ang posibleng pinicturan niya pero ang grupo ng college student lang ang nakita ko sa gawing 'yon.

*Bakit naman niya kukuhanan ng picture ang mga 'yon? Artista ba sila.*

**"Anong ginagawa mo?"** tanong ko.

**"Nothing, just reporting them to someone to do something,"** sagot niya at ngumiti.

Inabot niya sa 'kin ang basket na hawak para ilagay ang mga binili ko. Natawa ako ng hindi magkasya dahil puro malalaking snacks ang kinuha ko. Napilitan tuloy siyang kumuha ng isa pang basket para do'n ilagay ang mga binili niya.

Kanino naman niya ire-report ang mga college students na 'to? Imposible na namang kay Kuya Angelo. Paki naman ni Kuya sa mga college student. Unless na lang syempre kung naaabala siya o kami.

Matapos makuha lahat ng gusto namin bilhin nagbayad na kami sa cashier. Natawa pa ko ng mapakamot sa ulo si Aries dahil sa presyo ng mga pinamili namin.

*Siya lahat magbabayad.*

Paalis na kami ng Mini Mart ng makita ko na naman ang grupo ng college students. Inirapan ko ang isa sa kanila ng makita kong nakatingin siya sa 'kin. Feeling gwapo kasi ang ugok.

**"Problema no'n?"** Dinig kong tanong niya sa kasama niya habang nakaturo sa 'kin.

Dahil sa dami ng dala namin, napilitan kaming maglakad ni Aries. Ako na ang naghatak ng bike habang siya may bitbit ng mga binili namin. Hindi ko maiwasang pagtawanan siya. Labas na kasi mga ugat niya sa braso dahil sa bigat at dami ng bitbit niya.

Malayo na kami ng bigla ko ma-realize kung saan ko nakita ang ID lace ng mga college students. Nakarating na kami do'n no'ng University visit kung saan ko nakita si Papa. *University of Eme.*

*Hindi ko na talaga maalala pangalan ng lugar. Ulyanin na ba ko?*

**"Gusto mo na ba umuwi o sa park muna tayo?"** tanong ni Aries sa 'kin.

Ayoko pa umuwi sa bahay.  Kaya mabilis kong sinagot ang Park sa kanya. Umiba kami ng daan pero hindi naman niya sinabi sa 'kin na malayo-layo pala ang park ang layo tuloy ng nilakad namin.

Hingal na hingal tuloy ako at gutom pa. Pagdating sa park nakabukas na ang mga ilaw. Marami pa ring tao kahit madilim na. Mabuti na lang at marami pa ring bakanteng bench kaya nakahanap kami agad ng pwesto.

**"Pagkain, pagkain,"** sabi ko at inagaw ang isang plastic bag sa kamay niya bago maupo.

Nauna na kong lumamon sa kanya. Siya naman 'tong naupo sa tabi ko at nilabas ang binili niya. Hindi muna kami nag-usap no'ng una dahil abala kami sa mga kinakain namin. Pero ng mabawasan na ang mga tao sa park tsaka siya nagsalita.

**"Uuwi na raw sa Province ang Nanay mo,"** sabi niya.

Napataas ang isang kilay ko. **"Nanay natin. At anong uuwi sa probinsya? Wala naman siyang bahay do'n. Saan naman siya titira do'n? Kay Lola?"**

**"Baka, narinig ko lang silang nag-uusap-usap."**

Bigla akong kinutuban. Pakiramdam ko hindi lang siya basta uuwi sa probinsya namin.

**"Akala ko ba gusto niya tayong magka-ayos-ayos? Bakit aalis siya?"**

Inubos ni Aries ang hawak na tinapay bago pagpagin ang mga kamay. **"Baka sumuko na."**

Inubos ko rin ang hawak ko at agad na uminom ng juice na kasama sa pinamili namin.

Alam ko namang may tinatago siya. Hindi ko lang maintindihan bakit kailangan pa nilang bumuo ng kwento.

*Muka ba kong pinanganak kahapon? Gano'n ba kahina ang ulo ko sa paningin nila?*

**"Gusto kong pumunta ng psychiatrist,"** sabi ko at natigilan ang kapatid ko.

**"Jay?"**

**"Hindi ako tanga, alam kong may kinakaharap na kaso si Mama."**

Halatang nagulat siya na pilit pinipigilang ipakita sa 'kin. **"Kanino mo nalaman 'yan?"**

**"Narinig ko na no'n si Kuya. Idagdag pang may nasabi siya no'ng unang beses niya kong dalhin kay Dra Claudia,"** paliwanag ko.

Wala akong planong sabihin sa kanya na kay Keifer ko nalaman ang buong kwento ng kaso ni Mama. Baka mamaya maging dahilan 'yon ng panibagong away nila. Paunti-unti nagkaka-ayos na sila ayokong mauwi 'yon sa wala.

**"Alam kong ako lang makakatulong kay Mama. May kinalaman 'yon sa nangyari no'ng bata ako na hindi ko maalala ngayon. Gusto kong makaalala para—."**

**"Tumigila ka,"** putol niya sa sasabihin ko. **"Si Kuya lang ang may gusto nyan pero hindi niya alam na delikado ang naiisip niyang pwersahin ka."**

**"Eh anong gagawin ko? Hahayaan ko na lang?"**

Napabuntong hininga. **"Gano'n na nga."**

Nahilamos ko ang muka ko. Napatayo pa ko habang ilang beses na humihinga ng malalim. Pinipilit kong kumalma. Pinipilit kong wag maiyak kasi gusto kong magkaintindihan kami ng maayos. Pinipilit kong wag magsalita ng masama o magmura. Pero hindi ko alam kung paanong pilit pa ang gagawin ko.

*Hindi ko pwedeng hayaan ang Nanay ko aba!*

**"Gano'n ba katindi ang galit mo sa Nanay natin na hahayaan mong makulong siya?"** Mahinahon kong sabi pero namumuo na ang mga luha ko.

**"Hindi 'yon ang dahilan ko."** Napayuko siya habang nakapatong ang dalawang siko sa mga hita. **"Hindi ko alam kung binabaliwala ba ni Kuya o sadyang hindi pa niya naiisip na pwedeng hindi kilalanin ng korte ang statement mo."**

Nag-alala ako dahil sa sinabi niya. **"Ano? B-Bakit?"**

**"Imagine this, tingin mo kikilalanin ang statement ng isang taong unstable. Hindi sa sinasabi kong unstable ka pero kung kayang palabasin ng ibang abogado na gano'n ka magagawa nila. They are notorious, when it comes to winning they will do anything that they are allowed to do. Kaya kahit personal life at mental health mo tatargetin nila, paano kung ma-triggered ang symptoms mo?"**

Natigilan ako. Natakpan ko ang bibig ko bago mapaupo ulit sa tabi ni Aries. Tama siya, ang galing niya talaga magbasa ng kapalaran, pati pwedeng mangyari sa 'kin sa korte nahulaan niya.

*Amazing. Pahula ng lotto number.*

Naalala ko no'n sa mga telenobela, pinapaiyak ng mga abogado ang mga biktima sa korte sa tabi ng judge. Pati mga witness ginigisa na parang sila ang may kasalanan. Baka nga hindi ko kayanin kung ako ang kakausapin ng gano'n. Baka mamaya, barahin ko pa sila, mapaalis ako sa korte.

**"Ang mas inaalala ko, kung bumalik ang lahat sa 'yo by force, baka bumigay ang mental health mo. Paano kung magka-mental breakdown ka? Tuluyan kang mawala sa sarili?"** Ramdam ko sa boses niya ang pag-aalala.

Tama nga ako, kung is Kuya gustong bumalik na ala-ala ko, si Aries naman ang kontra.

*Magkakaroon ng sagupaan. Kamatayan at Horoscope. An epic battle.*

**"Pero gusto kong matulungan si Mama."**

**"Hahanap tayo ng ibang paraan."** Ngumiti siya. **"We can still visit a psychiatrist. Maganda na rin na alam natin ang sakit mo."**

Tumango ako. **"Gusto ko rin. Pero kung pwede wag natin ipaalam kay Kuya."**

Bahagya siyang natawa. **"We have the same thought."**

Ngumiti ako at binalikan ang mga pagkain ko. Inubos ko na mga tinapay na dinampot ko. Gano'n din siya sa mga pagkaing binili niya. Nauna nga lang siya matapos dahil kaunti lang naman ang binili niya.

Napilitan tuloy akong hindi na kainin ang iba at iuwi na lang sa bahay. Nag-aya na rin siyang umuwi dahil madilim na at panay ring ng mga cellphone namin.

Naglalakad lang kami. Mahirap magbike kung busog na busog.

Napatingin ako kay Aries. Naalala ko tuloy ang sinabi niyang babawi siya sa 'kin. Masasabi ko namang nakabawi siya. Pero iba pa rin siguro kung okay na sila ni Mama.

*Masubukan nga.*

**"Talaga bang hindi mo na patatawarin si Mama?"** tanong ko at sandali siyang tumingin sa 'kin.

**"By terms of forgiveness, napatawad ko na siya,"** sagot niya at napa-ohh naman ang bibig ko.

Pinatawad na pala niya si Mama bakit hindi pa rin sila nag-uusap ng maayos?

**"Pinatawad mo na pala—"**

**"Pinatawad ko siya sa ginawa niya sa 'kin. Pero hindi sa kapabayaan niya sa 'yo,"** putol niya sa sasabihin ko. **"Kung naging praktikal lang sana siya at pareho tayong pinaampon hindi sana nangyari sa 'yo 'yon. Hindi ka sana sinaktan ng mga kinasama niya."**

*Hindi niya alam. Hindi niya alam ang ginawa ni Mama para mailigtas ako.*

Gusto kong sigawan si Aries at sabihin sa kanya ang ginawang sakripisyo ni Mama. Wala siyang karapatang sabihan siya ng gano'n. Kung alam lang niya hindi siguro ganyan ang sasabihin niya.

Kung pwede ko lang sabihin, pero pipiliin kong wag magsalita. Ayokong pangunahan ulit kagaya ng sinabi ko kay Mama kanina. Baka magkasamaan lang kami ng loob. Kaya pipiliin ko na lang nag wag sabihin ang ginawa niya.

Pero pagnagkaroon ako ng pagkakataon, pepektusan ko 'tong kapatid ko.

**"Matagal na 'yon, kung ako nga ready na siya patawarin. Baka oras na para subukan mo rin."**

Napataas ang isang kilay niya sa 'kin. *Taray na taray na naman.*

**"Ano namang pumasok sa isip mo at binabalak mo na siyang patawarin? Samantalang kung sagot-sagutin mo siya no'n parang ikaw ang nagluwal sa kanya."**

Napangiwi ako. Parang masama magbago ng isip. Pero hindi ko itatanggi na may pagkakataong bumabalik pa rin sa 'kin ang galit ko sa kanya. Bumubuhos na parang tubig sa isang iglap. Baka kung papatawarin ko na siya mawala na 'yon sa 'kin.

**"Hindi mo ba nararamdaman 'yon, 'yung longing na makasama mo ang Nanay mo? Mahirap explain, basta ando'n 'yong feeling na kahit anlaki ng kasalanan sa 'yo ayaw mo pa rin silang mawala sa buhay mo,"** paliwanag ko.

**"Same feeling ng mga taong biktima ng cheating ng partner nila."**

Nanlaki ang mga mata ko at tumawa naman siya. Ikumpara daw ba sa cheating ang paliwanag ko.

**"I'm just kidding. . . yeah I know what you mean. I used to feel the same way, but sometimes that longing fades as we mature and recognize that our ties to our parents are not meant to be kept."**

Pakiramdam ko wala na talaga silang pag-asa ni Mama na magkaayos. Hindi ko maiwasang malungkot. Ang dami nilang pinagdaanan. Pwede pa naman siguro ang second chance.

*Kailangan kong ipilit 'to.*

**"Mas maganda pa rin sigurong subukan mo. Kahit isang beses lang."**

Umiling siya. **"No."**

Kailangang subukan ulit. **"Alam mo, sabi sa bible honor your parents."**

Malakas siyang natawa. **"Not you using bible verse when you don't exactly understand it."**

**"Tama naman ako."**

**"Yeah you are, but honoring is not a free pass to abuse or tolerate. Maniwala ka, I can honor her while keeping my boundaries."**

Napanguso ako. Ang hirap naman kumbinsihin nitong kapatid ko. Sabagay, kung si Kuya nga hindi rin siya mapilit ano pa kaya ako. Gusto kong umasa na may chance pa silang maging okay.

*Kaso sa ugali nitong si Aries, wag na lang umasa.*

Nakarating kami sa bahay at sinalubong kami ng nakasibangot na Kuya Angelo.

**"Nawala lang si Ram, nagbulakbol na kayong dalawa!"**

Apaka sungit na naman. Akala ko tulog siya maghapon dahil kailangan daw niya ng pahinga, pero ito siya at may energy manermon.

Magkasunod kaming pumasok ni Aries ng bahay. Balak ko sanang katukin si Mama sa kwarto pero napatingin ako sa dalang gamot at baso ni Tita Gema habang papasok ng kwarto.

**"Jay, wag mo muna istorbuhin ang Mama mo. Masama ang pakiramdam niya."**

Hindi ko maiwasang malungkot. Bakit pakiramdam ko kasalanan ko?

*OceanofPDF.com*

# Chapter 382

**A/N:** Yeih! Ito na. hehe

**Spy vs Spy**

***Jay-Jay's POV***

**"Hayaan m lang magpahinga ang Nanay mo,"** sabi ni Tita habang nagluluto ng lugaw. **"Nasobrahan na rin kasi sa kakatrabaho dito sa bahay."**

**"Feeling ko po kasi kasalanan ko,"** sagot ko naman.

Nilingon niya sandali. **"Bakit? Hinawahan mo ba ng sakit ang Nanay mo?"**

Umiling naman ako. **"Baka kasi na-stress siya kakatanong ko tungkol kay Papa."**

Bahagya siyang natawa. **"Hindi naman siguro."**

Mula no'ng Monday pagbalik namin ni Aries hanggang ngayon may sakit pa rin si Mama. 2 days na ang nakakalipas pero hindi pa rin siya gumagaling. Panay lang tuloy ang lakad ko sa labas ng kwarto niya dahil hindi ako makapasok at baka lalo siyang ma-stress.

*Epekto ba 'to ng kakabanggit ko kay Papa?*

**"What are you doing here? Tapos ka na ba mag-review?"** bungad ni Kuya Angelo ng makita niya ko sa kusina kasama si Tita.

Nilingon ko siya. **"Tapos na, tinulungan ako ni Aries."**

**"Bukas na ang exam niyo, kaya matulog ka maaga."**

Hindi ako sumagot. Maaga pa naman para patulugin ako. Hindi pa nga kami naghahapunan.

Dumiretso si Kuya sa ref at kumuha ng chuckie bago silipin sandali ang niluluto ng Nanay niya. Nagmukang bata si Tita dahil sa laki ng pinsan ko. Kanino niya kaya nakuha ang tangkad niya?

*Baka sa totoong Tatay niya.*

Gusto ko rin ng tangkad. Kung iinumin ko ba ang chuckie niya sa ref lalaki na ko?

Siguro, pero hindi dahil sa pag-inom ng chuckie. Baka dahil sa kakatakbo palayo sa kanya dahil pinakialaman ko ang pinaka-iingatan niya inumin.

Nakalagpas na sa 'kin si Kuya ng marinig ko ang Maid na tinatawag siya. Pinuntahan naman niya 'yon sa sala. Aksidente kong narinig ang pagbanggit nila ng pangalan. *Parang narinig ko pangalan ni David.* Lumingon ako para tignan at subukang pakinggan ulit sila pero dahil may kalayuan na napilitan akong tumayo at sumunod sa sala.

Nagulat ako pero nagliwanag naman ang muka ko ng makita ko kung sino ang bwisi—*bisita pala*.

**"Ci, bakit ka andito?"** bungad ko sa kanya.

Napatingin ako sa katabi niya na kausap ni Kuya. Si David 'yon na sandaling ngumiti at bumati sa 'kin bago ulit harapin ang pinsan ko.

Lumapit sa 'kin si Ci, at parang bata na humibi bago yumakap sa 'kin at umiyak.

*Aruy, parang batang inagawan ng candy.*

**"Si . . . Si D-Drew."** Umiiyak na sabi niya at bigla na lang akong kinabahan.

**"Bakit? May nangyari ba?"** Nag-aalalang tanong ko.

Ito na nga ba ang sinasabi ko. Mukang napahamak na si Drew. Wala kaming kamalay-malay sa nangyayari sa kanya kaya niya nagawang mag-traydor tapos ngayon ganito naman. Hindi man lang namin siya matulungan.

**"Si Drew . . . Si Drew . . ."**

Lalo akong kinakabahan sa hindi niya pagsasalita. Nagsimula ng maglaro sa isip ko ang mga masasamang bagay na pwedeng kinahinatnan niya. Parang maiiyak na rin ako.

*Jusko po, wag naman po sana.*

**"Ci . . ."** Nanlalambot na tawag ko sa kanya.

**"Si Drew . . . Si Drew . . ."** Humikbi siya at pinunasan ang muka. **"Si Drew, ayaw magbayad ng utang."**

*Ay, putangina naman.*

Mahina kong binatukan ang batang kumag. **"Tarantado ka talaga."**

**"Aray,"** bulong niya bago lumayo sa 'kin at punasan ulit ang muka.

**"Ang seryoso ko rito, ginagago mo na naman ako."**

**"Hoy, seryoso ang pag-iyak ko, pero hindi dahil sa utang niya. Nag-aalala kasi ako."** Seryosong sabi niya.

**"Nag-aalala?"**

**"He's telling the truth. No'ng isang araw pa siya tawag ng tawag sa 'kin dahil nag-aalala siya para kay Drew,"** sabi ni David.

Napatingin ako sa kanya at sa pinsan ko na para bang binabasa ang nasa isip ko.

*May telekeneme talaga 'tong si Kuya.*

Hindi ko maiwasang maawa sa Batang Kumag. Wala siyang naging imik ng magkaaminan sa kung sino ang traydor. Halatang hindi rin niya tanggap ang decision ni Keifer. Naiintindihan ko ang pag-aalala niya.

**"Bakit pala kayo napunta rito?"** tanong ko.

Wala akong maalala na meron kaming usapan o kung meron silang nabanggit. Malabo namang ako ang pinunta nila rito dahil wala namang masamang nangyari sa 'kin pagkatapos manggaling kina Sir.

**"We have something to talk about,"** sagot ni Kuya kahit hindi siya ang tinatanong ko.

Magtatanong pa sana ko ulit pero napahinto ako ng marinig ang busina ng sasakyan sa labas ng bahay. Tanaw ko sa nakabukas na gate ang paghinto ng isang SUV at ang pagbaba ni Mam Cindy, Sir Alvin at Yuri.

Kasunod ng sasakyan nila ang isang mamahaling sports car. *Parang naaamoy ko kung sino 'to.*

Lumapit sa 'kin si Yuri at binati ako.

**"Good evening, kumusta pakiramdam mo?"**

Ngumiti naman ako. **"Ayos naman, may mga galos pa rin pero mawawala rin 'yan. Ikaw?"**

**"Medyo pagod, nahirapan kaming maghanap ng bagong bahay."**

**"Ako? Hindi mo kukumustahin?"** singit ni Ci habang nakaturo sa sarili, kaya napatingin kami sa kanya.

**"Or maybe greet us first,"** dagdag ni David habang naka-cross arm.

Napangiwi si Yuri at natawa naman ako. Parang sapilitan siyang bumati kay David at Ci. Tinignan ko naman sina Sir Alvin at Mam Cindy na kasalukuyan kinakausap si Kuya. Sunod akong napatingin sa lalaking pumasok sa gate namin.

Kusang gumalaw ang mga paa ko para puntahan siya at salubungin. Hindi naman ako excited na makita siya. Excited ako sa hawak niyang paperbag na may brand ng kilalang kainan.

*May pasalubong ang Hari ng mga Ulupong.*

**"Para sa 'kin 'yan?"** tanong ko.

Bahagya siyang tumawa. **"No, this is for your Mom."**

*Ay.*

Binanggit ko nga pala sa kanya na may sakit ang mudra ko sa text. Dapat pala sinabi kong may sakit din ako para may pagkain din ako. *Wala na, sad na ko.*

Kinuha ko pa rin ang paperbag at dinala sa kusina para iabot kay Tita.

**"Sino may dala?"** tanong pa niya.

**"Si Keifer po."**

Tumango naman siya at nilabas ang laman ng paperbag para isalin sa ibang lalagyan. Iniwan ko na siya at binalikan sina Kuya sa sala pero wala na sila do'n. Naglalakad na sila sa hagdan paakyat. Nasa hulihan pa si Ci na kinakawayan ako.

*Saan ang punta? May fieldtrip sa bahay.*

Sunod naman ako agad sa kanila. Sa kwarto sila ni Kuya dumiretso.

**"Anong meron?"** tanong ni Aries na kalalabas lang ng kwarto niya. **"Bakit andito sila?"**

Sasagot na sana ako pero tinawag siya ni Kuya Angelo. **"Come here and join us."**

Tinignan ko si Kuya para sana tanongin kung ako rin ba pero pinigilan na niya ako sa pagtangka kong pumasok.

**"You stay out of here."** Tinignan niya si Ci. **"Ikaw rin, sa labas ka muna."**

Nakasimangot na humarap sa 'kin ang batang kumag at naglakad palabas. Susubukan ko pa sanang pilitin si Kuya na ipaalam sa 'kin ang pag-uusapan nila pero masama na ang tingin niya  sa 'kin kaya napilitan akong lumayo at panoorin siyang isara ang pinto sa pagmumuka ko.

Nagtinginan kami ni Ci. Para kaming napalabas sa classroom, parehong nakakahiya. Ngumiti siya sa 'kin at pinakita ang phone niya. Merong ongoing call na nakapangalan kay David.

*Aba, mahusay!*

Mabilis kaming tumakbo papunta sa kwarto ko at agad na sinara ang pinto. Parang iisa lang ang nasa isip namin.

Pinindot niya ang mute button at loudspeaker.

**"Aksidente ko siyang na-call kanina bago kami pumasok sa kwarto ng Kuya mo. Tapos mukang nasagot niya ng hindi niya napapansin,"** sabi ni Ci at humagikgik ng tawa. **"Hindi ko na inalis kasi parang alam ko na mangyayari."**

**"Dinig ba pinag-uusapan nila?"** tanong ko at sabay pa kaming nilapit ang tenga sa phone niya.

Halos sabay-sabay silang nagsasalita kaya wala kaming maintindihan no'ng una. Tumigil lang sila ng meron silang itanong at si David ang sumagot.

***"Hindi ko nakausap si Drew, pero thankfully mukang nakinig sa 'kin si Rory at Edrix,"*** panimula niya. ***"Tama nga na hindi pa alam nang shark loan na alam na nating lahat ang totoo. Wala rin siyang masyadong paki kay Ram dahil siguro nakuha naman niya ang gusto niya."***

***"Pinabalik nga niya si Drew?"*** tanong ni Kuya.

***"I won't say pinabalik, more like hinayaang bumalik. Thanks to Rory and Edrix who manage to convince Drew para sundin ang plano natin,"*** sagot ni David.

*Anong plano?*

Tinignan ko si Ci pero mukang wala rin siyang clue. Tinuloy ko ang pakikinig sa phone niya.

***"So what did they discover?"*** Boses ng Hari.

***"Iba naman ngayon ang target nila. They want Drew to monitor you and gather information."***

Si Keifer ang tinutukoy niyang sunod na target ng shark loan. *Bakit siya naman ngayon?*

***"Para saan?"*** boses ni Mam Cindy.

***"The shark loan is also working for someone close to Keifer's Dad. Parang network. Someone knows someone,"*** paliwanag ni David.

Sunod-sunod na nagmura si Keifer. *Sino naman ang someone na 'yon?*

*Pero bakit muna nila pinabalik si Drew sa shark loan?* Naguguluhan ako. Hindi ko alam na may ganito pala silang usapan.

***"Mukang tama rin ang hinala niyo, according to Rory that someone is funding Ram kaya mabilis siyang nakabawi at nakahakot ng kasama para makaganti kay Jay-Jay,"*** dagdag pa niya.

Natakpan ko ang bibig ko. Ibig sabihin ba nito may kinalaman ang Tatay ni Keifer? Imposible kasing kilala niya si Ram pero kung network sila, ibig sabihin pwedeng alam din niya ang balak sa 'min at nakapagitna lang ang taong tinutukoy ni David na '*someone close*' sa Tatay ni Keifer.

Hindi ko maintindihan kung bakit nakikisali sila. Hindi dapat siya makisali sa gulo namin. Hindi ko mapigilang matakot.

Pakiramdam ko lumiliit ang mundo ko.

*Ga-holen na lang.*

**"Tama ba ang dinig ko? Pinilit nilang pabalikin si Drew sa Shark loan na 'yon para ituloy ang trabaho niya? Hindi ba nila naisip na delikado 'yon?"** Inis na sabi ko pero sinenyasan ako ni Ci na tumahimik.

Pinagpatuloy namin ang pakikinig.

**"*Siguro pwede na nating paalisin si Drew do'n? Delikado na kasi,*"** sabi ni Yuri pero hindi sumang-ayon si Kuya Angelo.

**"*Hindi pwedeng biglaan,*"** sabi niya at sandaling nagbuntong hininga. **"*Let him get back to your class and section.*"**

**"*What for?*"**

**"*Hayaan mong makapag-provide siya ng information, then kapag nag-low contact na sila kay Drew, pulled him out and made sure he would cut contact with them. Palabasin niyong muntik na siyang mahuli and he has no use for them.*"**

Bigla akong humanga sa sinabi ni Kuya. Parang alam na alam niya kung paano mapapaalis si Drew sa Shark loan na 'yon ng hindi siya masasaktan. Akala ko galit na galit siya dahil napahamak ako pero mukang may care rin naman siya.

*Carebear si Kuya.*

**"*Okay lang ba sayong pabalikin si Drew sa Section E?*"** tanong ni Yuri na sa tingin ko ay para sa Hari.

Naging tahimik sila ng ilang segundo bago may magsalita.

**"*Alam kong galit ka sa kanya, but he clearly told Rory and Edrix na babawi siya sa mga nagawa niya kaya nga pumayag din siya sa naisip niyong plano,*"** sabi ni David pero mahinang tumawa si Keifer.

**"*Wala akong problema sa pagbawi niya, ang problema ko, ang safety ni Jay-Jay.*"**

**"*Gusto ko ring bumalik si Drew but I agree with Keifer. Risky lang talaga, at hindi rin mawala sa isip ko na baka meron pa siyang ibang pinagbibigyan ng details na naipon niya,*"** sabi ni Yuri.

Tumahimik na naman sila. Parang ang tagal nilang pinag-iisipan ang mga dapat gawin. Meron pa kong narinig na nagbuntong hininga pero pagtingin ko sa katabi ko, siya lang pala.

*Ci-N buset!*

**"*For now, at least let him back. Exam na rin bukas kailangan din niyang maghabol ng grades, alanganin din kasi siya baka hindi siya maka-graduate,*"** sabi ni Sir at mukang nagkaroon na sila ng final decisions.

Nagtinginan kami ni Ci at para kaming sabay na nabunutan ng tinik. Gusto ko 'yung idea na pabalikin siya sa Section E. Pero hindi ko itatanggi na medyo nag-aalala ako. Si Keifer naman kasi ngayon ang kailangan niyang bantayan at kuhanan ng details. Paano kung siya naman ang mapahamak?

Pinatay na ni Ci ang tawag matapos mapansin na iba na ngayon ang pinag-uusapan nila.

**"Ibiga sabihin, all this time meron silang plano para kay Drew?"** tanong ni Ci at napaisip naman ako.

Unexpected talaga ang pag-amin niya sa ginawa niya, lalo naman sa decision ni Keifer na paalisin siya pero mas unexpected na nakabuo kagad sila ng plano sa kung ano ang pwede nilang gawin.

**"Siguro, dinig mo naman, nakakuha na agad sila ng detalye,"** sagot ko at napatango-tango naman siya.

**"Mas gusto ko rin kung nasa Section E pa rin si Drew,"** sabi niya habang nakanguso.

Pareho kami. Mas gusto ko rin 'yon. Ewan ko pero naniniwala akong mas kailangan kami ng Ulupong na 'yon. Unfair ang pinagdadaanan niya, siya lang mag-isa ang humaharap no'n. Kung tutuusin kami nga dapat ang unang tumulong sa kanya. Sadyang kinain lang siya ng takot kaya kung ano lang ang kaharap niyang tulong 'yun ang tinanggap niya.

*Kaya hindi talaga ako agree sa decision ni Keifer no'n.*

**"Sa totoo lang, gago si Drew pagdating sa pera pero maaasahan naman 'yon,"** dagdag ng Batang kumag. **"Alam mo bang mayaman sila dati?"**

Napaisip ako. Parang narinig ko na nga dati na nag-uusap-usap ang mga Ulupong tungkol dyan. Minsan ko rin nalaman na nakarating na pala siya ng ibang bansa pero hindi naman niya nilinaw sa 'min kung totoo ba. Dinadaan lang niya sa biro.

**"Talaga? Bakit naghirap siya?"**

**"Ewan ba, pero ang Nanay niya Gold Medalist sa Chess Olympiad tapos ilang beses lumaban sa World Chess Championship,"** paliwanag niya at napanganga naman ako sa pagkamangha.

Ang gago, magaling pala ang Nanay niya bakit siya nauwi sa pasugalan. Kahit barya-barya pinapatulan. Ilang beses pang napahamak ang lintik.

*Wala man lang nakuhang galing mula sa Nanay niya.*

**"Ano kayang nangyari sa kanila? Nakaharap mo na ba parents niya?"**

Umiling siya. **"Ayaw niya magpapunta ng kahit sino sa bahay niya. Si Blaster alam ko nakarating na pero nag-away naman sila."**

Malalim tuloy akong napaisip kung ano meron sa kanila. *Sing lalim ng balon*. Pero baka dahil nahihiya rin siya. Siguro nga kasi ganon ang sinapit ng buhay nila.

Hindi ko nga lang maiwasang mainis. Imagine, naghirap na nga sila tapos nagsusugal pa siya. Kung tinabi na lang niya pera niya para makapagipon siya o matustusan kailangan niya. Ngayon tuloy, sari-sari ang utang niya pati sa Shark loan meron pa.

Sana talaga pagkatapos nito madala na siya at wag na magsugal.

Tutuloy pa sana namin ang pag-uusap tungkol sa buhay ni Drew pero natigilan kami sa pagkatok ng kung sino sa pinto ng kwarto ko. Agad ko namang binuksan 'yon at bumungad ang muka ng Hari ng mga Ulupong.

*Gwapo naman. Eme.*

**"Bakit?"** tanong ko at ngumiti naman siya.

**"Wala lang, masama bang puntahan kita?"**

Nilingon ko si Ci na nakaupo pa sa kama ko habang nangungulangot sunod pahid sa kumot ko. Sisitahin ko sana siya pero sinenyasan siya ni Keifer na lumabas muna. Tignan niya pa muna kaming dalawa bago ngumiti ng nakakaloko.

*Kung ano na naman nasa isip nitong kumag na 'to.*

Dahan-dahan pa siyang lumabas at sinara ang pinto pero agad ko namang binuksan 'yon. Baka mamaya bigla sumulpot pinsan ko at iba ang isipin dahil sa nakasarang pinto. *Bulaga si Kamatayan! Sinusundo na kami.*

**"How was your day?"** tanong ng Hari habang palapit sa 'kin.

Naramdaman ko ang kamay niya sa bewang ko at para akong nakuryente. Natawa pa siya sa naging reaksyon ko.

**"Hindi maganda, kasi feeling ko nagkasakit ang Nanay ko dahil sa kakulitan ko. Matay ko kasing banggitin sa kanya si Papa, ayun allergic pala siya,"** paliwanag ko.

**"I don't think it was because of you. Sinabi mo rin sa 'kin sa text mo na baka nasobrahan siya sa pagt-trabaho dito sa bahay."**

Lagi kami magkatext, kaso kahapon ang bagal niya magreply kaya hindi na ko nagreply. Hindi naman niya ko hinanap kaya naisip ko baka busy siya. Pero ang totoo naiinis talaga ko na matagal siya magreply.

*Masyadong abala, kaya hindi ko na inabala.*

Tumango-tumango ako. Bahagya niya kong hinatak palapit sa kanya. Napasandal ako sa dibdib niya kaya agad kong hinarang ang dalawang braso ko.

**"Hoy, baka mahuli tayo ni Kuya,"** bulong ko at umiling siya.

**"Busy siya, kausap sina Sir Alvin at Mam Cindy."**

Pasimple akong napakagat sa labi ko. *Tangina gusto rin ma-solo ang isa't-isa.*

**"Anong pinag-usapan niyo kanina?"** tanong ko kahit alam ko naman ang sagot. Ayoko lang ipahalata na alam ko ang totoo.

Sasabihin ko rin naman sa kanya ang nalaman ko. Gusto ko lang malaman kung mags-share rin ba siya sa 'kin.

*Coz sharing your chismis is caring.*

**"About Drew, meron lang kaming pinagawa sa kanya,"** sagot niya.

**"Ano 'yon?"**

**"Can't tell you yet, but it has something to do with the Shark loan. Gusto niyang bumawi sa nagawa niya sa 'yo. . . sa 'tin."**

Hindi ko talaga maiwasan na kabahan para kay Drew. Napaka-delikado na bumalik pa siya do'n, paano na lang kung mahuli siya?

**"Hindi naman ba siya mapapahamak?"**

Hindi siya sumagot. Tinitigan niya ko na para bang tinitimbang kung magiging tama ba o mali ang isasagot niya.

*Ampucha ka! Umayos-ayos ka ng sagot.*

**"Keifer?"** tawag ko sa pangalan niya na parang may pagbabanta.

**"I-I can't confirm,"** sagot niya at umiwas ng tingin.

Humiwalay ako sa kanya at hinampas siya sa braso. Nagulat pa siya sa ginawa ko.

**"Keifer naman! Hindi basta-basta 'yung shark loan na 'yun, dinadamay na nga kapatid niya 'di ba? Buti sana kung kagaya lang ng mga gang na nakakaaway natin dati."**

**"Kumalma ka, sinisiguro naman ni Rory at Edrix na maingat si Drew sa mga kilos niya."**

Napabuntong hininga ako. **"Paano kung hindi?"**

**"Of course he can, nagawa nga niyang kumilos ng walang nakakahuli sa 'tin — except Rory and Edrix. Pero kung titignan mong mabuti, nagawa niyang maging maingat para hindi mahuli, ngayon pa kaya?"**

*May Point siya. Mga 0.5 points.*

Kung hindi pa nga siya umamin hindi pa namin malalaman. Sana nga tama ang Hari ng mga Ulupong sa sinabi niya. Pakiramdam ko kasi malaking sindikato ang shark loan na 'yon. Anong laban namin do'n? Hanggang away kalye lang tapang namin.

Hinawakan niya ang kamay ko para mahatak ulit niya ko palapit sa kanya. **"Don't worry yourself too much."**

**"Syempre hindi ko maiiwasan. Hind ko pa nakakausap si Drew at napapatawad ng maayos pero para sa 'kin kaibigan pa rin natin siya."**

Pasimple siyang umirap. **"Minsan naiinis ako sa pagiging mabait mo. But then I remembered that's one of your best qualities."**

Napakurap-kurap ako. **"Sinong mabait?"**

**"You,"** sagot niya at tumawa. **"You're too soft."**

**"Weh? Sobrang bait ko ba?"**

Natawa siya ng malakas pero naging seryoso rin pagkatapos. **"Nakakatakot din. Sometimes people forgive and let go quickly because their minds are seeking peace."**

**"Ano ibig sabihin no'n?"**

**"Your mind had been through a lot. Pagod na ang isip mo kaya you just let go of the betrayal, abuse, pain and anger so that your brain can have it's peace of mind,"** paliwanag niya at hindi ako nakasagot.

Napayakap ako sa kanya at napsubsob sa balikat niya. Totoo kasi, minsan nagtataka rin ako kung bakit parang ang bilis kong magpatawad. Parang gusto ko na lang matapos na. Parang gusto ko na lang bumalik sa dati bago nangyari ang gulo, o bago ko maramdaman ang galit ko.

*Ngayon alam ko na.*

**"Please learn to set boundaries. Hindi ko sinasabing wag mo patawarin si Drew o kung sino mang makakasakit sa 'yo. You can still forgive them or anyone in the future, but please, put yourself first before the others."**

Bahagya akong natawa. **"Parang sinabi mo na rin na layuan kita."**

Tumahimik siya ng ilang segundo kaya nataranta ako. Agad ko siyang hinarap. Nakangiti siya pero wala akong mabakas na sakit or galit.

**"If that's how you feel it should be, then so be it,"** sabi niya at akmang bibitaw sa 'kin.

Agad ko siyang binatukan. **"Edi sana no'n ka pa lumayo. Sana hindi ka na gumawa ng paraan para patawarin kita."**

Natawa siya ng malakas. **"Sinasabi ko lang, just in case."**

Akmang lalayo na ko sa kanya pero agad niya kong niyakap. Nainis na ko sa kanya kaya bahagya ko siyang tinulak.

**"Nabubuset ako sa 'yo,"** inis na sabi ko.

**"I'm just saying . . . hindi ko naman sinasabing—."**

**"AT TALAGANG DITO PA KAYO NAGLANDIAN!"** sigaw ni Kuya na parang kulog sa loob ng kwarto ko.

Agad kaming bumitaw sa isa'-isa. Mabilis din akong lumayo dahil baka biglang humaba ang braso ni Kuya at maabot ang tenga ko.

**"Get the fvck out of here!"** utos niya kay Keifer na ayaw pa sanang sumunod pero sinenyasan ko siyang lumabas na.

Napalayo na naman ako ng ituro ako ni Kuya at galit na tumingin sa 'kin. **"Umayos ka. Kundi wala kang hapunan."**

*Bakit nandadamay ng hapunan?*

Sinenyasan niya kong lumabas na rin. Malalaki ang hakbang ko para mabilis makalayo sa pinsan ko.

Hindi ko inaasan ang mga sinabi ni Keifer, pero meron naman akong natutunan.

*Talino talaga ng Hari ng mga Ulupong.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 383

**A/N:** Weeiihhh... hehe

No editing. Sorry sa wrong grammar

**Tenant**

***Jay-Jay's POV***

Hapunan!

Nice, daming nakahaing ulam. Siguro dahil marami kaming bisita. Dito na rin kasi kumain sina Ma'am Cindy at Sir Alvin. Syempre hindi mawawala ang Batang Kumag, David, Yuri at Keifer.

*Ang dami ko tuloy kaagaw sa pagkain.*

**"Hoy, maghinay-hinay ka nga sa pagkain,"** sita sa 'kin ni Aries.

**"Mauubusan ako,"** bulong ko sa kanya.

Tinignan niya si Ci-N na sunod-sunod ang pagsandok na parang walang ibang kasalo sa hapag kainan. Napailing na lang ang kapatid ko.

Napatingin ako sa dapat na pwesto ni Tita. Wala sila sa hapag at hindi sumabay sa 'min dahil inuna niyang asikasuhin si Mama. Nakakahiya kung tutuusin kasi ako dapat ang gumagawa no'n sa Nanay ko.

**"Anong balak niyo?"** tanong ni Kuya kay Sir na umagaw ng atensyon namin.

**"Lipat bahay ulit, sukol kami sa unit mo,"** sagot niya.

Lumipat nga pala sila sa unit ni Kuya no'ng isang araw. Sobrang bilis nilang maglipat. Hindi ko nga alam na andon na sila kung pa sinabi ni Kuya. Pero bakit naman kaya sila masusukol sa unit ni Kuya, eh ang laki no'n? At sino namang susukol sa kanila?

*Hala, baka mga inaanak or pinagkakautangan nilang pinagtataguan nila.*

**"How about you stay here?"** tanong ni Kuya at sunod-sunod kaming nasamid nina Aries, Keifer at David.

Parang gago 'tong pinsan ko. Nakalimutan na yata niyang Teacher ko pareho si Ma'am at Sir, edi nalaman nilang hindi ako nag-aaral ng mabuti.

Pero bakit nasamid 'tong tatlo na 'to?

**"Kuya? Are you serious?"** tanong ni Aries.

Pinagtaasan siya ng kilay ni Kuya Angelo. **"Kanino bang bahay 'to?"**

Hindi nakasagot si Aries at napainom na lang ng tubig para mawala ang pagkasamid.

**"Does that mean, Yuri will stay here too?"** tanong ni David at tinignan naman siya ng batang kumag sandali bago kuhanin ang manok na nasa plato niya.

**"He had nowhere to go,"** kaswal na sagot ng pinsan ko.

**"Then, I'll stay here too,"** sabi ng Hari at bigla na lang sinaksak ni Kuya ang tinidor sa manok na nasa plato niya. **"Then I'll visit here frequently,"** pagbawi niya sa sinabi niya.

*Takot ka no? Baka sa susunod ikaw na masaksak ng tinidor.*

Lahat naman kami nagulat. Pati si Ci nailuwa ang nasa bibig dahil sa pagkabigla. Unang beses ko ring makita si Sir na napaiktad sa gulat at napahawak naman si Ma'am Cindy sa kanya. Si David din pero mabilis siyang nakabawi sa pag-inom ng tubig.

**"Uuwi ng probinsya sina Mama at Tita Jeana. They will stay there for a while, kaya pwede silang mag-stay dito sa 'tin,"** paliwanag ni Kuya sa 'min.

Natigilan ako sa parte na uuwi si Mama at Tita sa probinsya. **"Bakit sila uuwi?"**

Hindi ko maiwasang matakot o mangamba. Baka mamaya hindi na makabalik si Mama dahil hinuli na siya ng pulis do'n.

*Sumama kaya ako?*

**"Pinapauwi sila ni Lola, it has something to do with the property left by Lolo,"** paliwanag ni Kuya habang nakatutok sa pagkain niya.

Nagtinginan kami ni Aries. Ngumiti siya na para bang sinasabi niya na totoo ang paliwanag ni Kuya pero nahihirapan naman akong maniwala.

May property pa pala ang Lolo namin. Hindi ko na siya naabutan, basta ang alam ko lang saksakan siya ng higpit at sungit. Dati raw kasing sundalo 'yon tapos maaga nagretiro. Dala-dala hanggang bahay ang ugaling sundalo niya.

Kwento ng Tita kong mayaman sa pagmumura, magkaaway daw sila. Lagi raw kasi silang hinahagupit ng butot pagi na para bang may mga engkantong nakakapit sa katawan nila. Kaya hinahagupit din niya ng tsinelas kapag napipikon siya.

*'Yan ang Tita ko. Beachwalk ang weapon.*

**"You guys can stay here until you find a better place to stay,"** sabi ni Kuya kay Sir.

**"Maybe we can stay until the exam is over,"** sagot naman ni Ma'am Cindy.

Sumang-ayon naman si Sir. Pero mukang nag-aalangan si Yuri. Napatitig siya sa plato niya at kinailangan pang tawagin ni Ma'am para marinig ang sagot niya.

**"Yuri . . ."**

Ngumiti siya sa 'min. **"I'm thinking of moving out. Nahihiya na kasi ako."**

**"You can move to my house,"** suhestyon ni Keifer at agad kaming nagtinginan ni Ma'am Cindy.

Mukang pareho kami ng iniisip. Hindi pwedeng tumira si Yuri kina Keifer. Hindi pa rin malinaw sa 'min ang tunay na agenda niya o kung susundin niya ba ang nakuha niyang listahan, o kaya naman may gagawin ba siyang masama sa Hari ng mga Ulupong.

Sa mga panahong nakatira siya kina Ma'am wala naman silang nasabing problema kay Yuri. Minsan nga narinig ko pa silang pinupuri siya kasi marunong daw sa gawaing bahay. Hindi na rin kailangang utusan dahil nagkukusa na siyang gawin ang mga dapat gawin. Minsan kahit hindi pinapagawa sa kanya, inaako na rin niya para mabilis matapos.

Kung meron nga siyang balak na masama kay Keifer malamang na nagsalita si Ma'am o kaya man kumilos na siya para pigilan si Yuri at syempre ipapaalam niya sa 'min 'yon pero wala kahit anong masamang salita para kay Yuri.

Kahit gano'n alam kong hindi pa rin kami pwedeng pakampante.

**"You don't have to. You're under my protection and care, so you'll move with us,"** sabi ni Sir Alvin. Kokontra pa sana si Yuri pero pinigilan siya ni Ma'am.

**"Whether you like it or not."**

Napabuntong hininga si Yuri at napakamot sa anit. Wala siyang choice. Napatango na lang siya para tanggapin ang pagkatalo niya.

Kita ko ang pagsibangot ni Keifer na para bang hindi niya tanggap na dito mag-stay si Yuri at siya hindi pwede. Para ilang araw lang naman, feeling naman niya habang buhay na rito 'yung tao.

Natapos ang hapunan namin na puro pagpa-plano sa paglipat nina Sir ang pinag-uusapan. Kinakailangan ng umalis ni Keifer dahil may problema na naman daw kay Keigan. Hindi ko maiwasang mag-alala. Kapag nababanggit ang pangalan niya pakiramdam ko may ginawa na naman siya na ikapapahamak ni Keiren.

*Trust issues na ba 'to?*

**"Anong nangyari?"**tanong ko sa Hari ng mga Ulupong matapos niyang magpaalam kina Kuya at Sir.

**"Nagkaroon lang ng maliit na gulo, hindi naman gano'n kalala,"** sagot niya at ngumiti sa 'kin para tanggalin ang pag-aalala ko.

Kaso wala naman talab 'yon dahil nag-aalala pa rin ako. **"Pag-uwi mo, pwedeng sabihin mo sa 'kin ang lagay niya?"**

Hinawakan niya ang pisngi ko at mabilis akong hinalikan sa noo. **"Thank you for checking Keigan but you have nothing to worry about. Everything was handled by Honey."**

Sandali akong napaisip. Alam din kaya niya ang kalagayan ni Keigan? Tingin ko namang maasahang tao si Honey kaso hindi ko siguro kung kaya nga niyang pigilan si Keigan kapag nagwala na siya.

*Si Kuya kaya, kaya niya pigilan kapag nagwala?*

**"Sige, sabi mo eh."**

Bahagya siyang tumawa. **"I won't lie to you about his situation."**

**"Wala naman akong sinasabing baka nagsisinungaling ka."**

**"Ramdam ko lang na naghihinala ka na naman,"** sagot niya at tumawa ng malakas.

Tinulak ko siya palabas ng bahay. **"Umuwi ka na nga."**

Hanggang sa makarating kami sa gate at makalabas tulak-tulak ko pa rin siya. Huminto lang kami pareho pagtapat namin sa kotse niya. Pareho kaming naging tahimik habang patingin-tingin sa paligid.

*Yes, this is my chance.*

**"Keifer,"** tawag ko sa kanya at ngumuso pero bigla siyang tumawa ng makita ako.

**"Ano 'yan?"** tanong pa niya.

*Anong ano 'yan? Ang gago nito eh.*

Biglang nainit ang tenga ko. Ngayon na lang ako naglambing napahiya pa.

**"Ay putangina, pinahiya ako."**

Nanlaki ang mga mata niya kasabay ng pagtawa ng marinig ang sinabi ko. Tsaka ko lang din naalala . . . *ang lintik na profanity niya.*

Mabilis siyang lumingon sa gate bago hawakan ang magkabilang pisngi ko pero umiwas ako.

**"Ayoko na, napahiya na ko."**

**"You know the rules,"** sabi niya at akmang hahawakan ulit ako pero lumayo na ko.

**"Rules mo muka mo, gago."**

**"Nakakadalawa ka na."**

**"Kahit sampo pa 'yan,"** inis na sagot ko at malalaking hakbang na lumayo sa kanya.

Nagulat ako ng bigla siyang sumunod kaya napatakbo ako papuntang kabilang bahagi ng kotse niya. Mabilis niya kong naabutan at yumakap. Sinenyasan niya kong tumahimik at tumingin sa gate namin. Magkasabay namin kaming tumingin pero wala namang tao.

*Eh anong tinuturo niya.*

Naramdaman ko ang hininga niya sa pisngi ko kaya napaatras ako hanggang sa mapasandal sa kotse niya.

**"Hoy, umayos ka. Kapag lumabas si Kuya, todas tayo pareho."**

**"Sino kayang nag-initiate?"** mapang-asar na tanong niya.

Hindi pa rin ako humaharap sa kanya. Seryoso ako no'ng sinabi kong baka lumabas si Kuya. Kaya nga kanina pa ko nagbibigay ng hint sa kanya, eh kaso ang gago pinagtawanan ako.

**"Seryoso—."**

**"Huli ka balbon!"** Biglang sulpot ni Ci na nagpasigaw sa 'kin ng malakas. **"Anong ginagawa niyo dyan?"**

**"You ruin their moment,"** nakangiting sabi ni David.

Para siyang nang-aasar na nasira nila ang moment namin. Lumayo sa 'kin at malalim na nagbuntong hininga habang nakatingin sa ibang direksyon. Nagpamaywang pa siya bago humarap ulit sa 'min.

*Nakunsume ka bigla ano?*

**"Alis na ko, baka may masapak lang ako,"** sabi niya at malakas na tumawa si David na para bang nanalo siya.

Hinalikan ako ni Keifer sa noo bago siya sumakay ng kotse niya. Pinanood namin siyang umalis at kinawayan naman siya ng batang kumag.

**"Wow, lakas maglandian, wala namang label,"** sabi ni Ci at napasibangot ako.

**"Paano magkaka-label? Lagi kayong abala!"** Inis na sagot ko at tinangka siyang batukan pero mabilis siyang nakapagtago sa likod ng Lolo niya.

**"Ayan! Lolo! Sasaktan ako!"** sumbong pa niya.

**"Fvck off,"** sagot ni David sa kanya bago humarap sa 'kin. **"Alis na rin kami, kailangan ko pang ihatid ang batang 'to."**

Ngumiti ako at tumango. Lalapit na sana sila sa kotseng sinakyan nila pero biglang huminto si Ci at parang merong hinahanap sa bulsa niya.

**"Cellphone ko?"** tanong niya pa sa 'min na para bang kami ang huling may hawak no'n.

*Umandar na naman pagkaburara nitong bata na 'to.*

**"Saan mo huling binaba?"** tanong ko.

**"Sa kwarto mo!"**

Lalakad na sana ako pabalik sa bahay pero pinigilan niya ko. **"Ako na lang,"** sabi niya at mabilis na tumakbo papasok ng bahay.

Hinayaan ko na lang siya at hinarap si David. Ngumiti siya sa 'kin bago ayusin ang hibla ng buhok na humarang sa muka ko.

**"Bakit kasama mo nga pala si Ci?"** tanong ko sa kanya.

**"Pinuntahan ko siya, tumawag kasi sa 'kin at umiiyak. Akala ko naman kung napano na,"** sagot niya at pareho kaming natawa.

Malamang na dinramahan siya ni Ci kaya napilitan siyang isama na siya rito sa 'min.

*Hindi rin naman niya natiis ang Batang Kumag.*

**"Ano pa lang pinag-usapan niyo kanina?"** tanong ko kahit alam ko naman ang sagot.

Kapareho kay Keifer gusto ko lang din malaman kung magsasabi siya sa 'kin.

**"Tungkol kay Drew. Exam na kasi bukas,"** sagot niya at tumango-tango naman ako.

Totoo naman ang sinagot niya pero hindi sinabi ang parte kung saan pinabalik nila siya sa shark loan na pinagkakautangan niya.

Ayokong magtanong pa, baka kasi kutuban siya na may alam ako. Sosyalin pa naman instinct nito.

**"So, you and Keifer are getting serious now?"** tanong niya na pinagtaka ko.

Bahagya akong natawa. **"Syempre naman. Anong klaseng tanong 'yan?"**

**"Saan muna ang label?"**

Napasibangot ako dahilan para tumawa siya ng malakas. **"I'm just kidding."**

*Lakas ng trip. Nasiyahan siguro siya sa hapunan namin.*

**"Ewan ko sa 'yo,"** kuwaring inis na sagot ko.

**"As long as you are happy,"** sabi niya at tinignan ko siya ng mapansin ko ang pagkaseryoso ng tono niya kahit nakangiti naman siya. **"But let me know if Keifer hurts you again."**

**"Bakit? Babanatan mo siya?"**

Umiling siya. **"Aagawin kita sa kanya."**

Inirapan ko siya. **"Akala mo naman papaagaw ako."**

**"I have my own ways at alam 'yon ni Keifer,"** mayabang na sagot niya bago tumawa.

*Parang linya ng Hari 'yon ah?*

Napailing na lang ako habang natatawa sa kanya. Kung ano-ano na lang kasi ang naiisip niya. Kung andito lang si Keifer malamang ko nagsuntukan na sila dahil sa mga sinasabi niya. Malakas ding mang-asar ang isang 'to.

**"Anong ways naman 'yan?"**

**"Gusto mo subukan?"** tanong niya at akmang lalapit sa 'kin pero sinipa ko sa ere ang paa ko para patigilin siya. **"Sige, kapag kayo na ni Keifer, susubukan natin."**

**"Gago,"** sagot ko sa kanya at tumawa na naman siya.

Napatingin kami sa gate ng lumabas si Ci habang may hawak na tupperware. Mukang nakakuha pa ng pabaon. Kasunod niyang lumabas sina Sir Alvin, Ma'am Cindy at Kuya Angelo.

**"Uwian na,"** nakangiting sabi niya.

Sinubukan kong tignan ang laman ng tupperware pero mahigpit ang yakap niya habang palapit sa kotse ni David. Kumaway pa siya sa 'kin.

*Bakit pakiramdam ko karne ang laman no'n? Parang fried chicken.*

**"Bye-bye Jay,"** sabi pa niya.

Ngumiti sa 'kin si David bago kumaway at sumakay sa kotse niya. **"See you tomorrow."**

**"See you when I see you,"** sagot ko.

Pinanood ko ang pag-alis ng sinasakyan nila bago bumalik sa bahay. Hindi ko na namalayan ang pag-alis nila Kuya. Malamang na kukuhanin nila ang mga gamit nila Sir. Hindi ko nga lang napansin kung kasama nila si Yuri para kasing hindi siya lumabas ng gate.

*Saan naman napunta ang pulang buhok na 'yon?*

Pumasok ako sa loob at si Mama at Tita Gema ang bumungad sa 'kin. Nakatayo si Mama pero balot na balot pa rin siya at medyo namumutla.

**"Gabi na, lumabas ka pa?"** tanong sa 'kin ni Mama.

**"Hinatid ko lang mga kaibigan ko,"** sagot ko at tinignan siya mula ulo hanggang paa. **"Bakit bumangon ka na? Okay na ba pakiramdam mo?"**

Umiling siya at bahagyang umubo. **"Hindi pa, pero mag-aayos na ko para sa byahe bukas."**

**"Bukas?"**

**"Hindi pa ba sinabi ni Angelo sa inyo?"** tanong ni Tita at saka bumalik  sa 'kin ang sinabi ni Kuya kanina sa hapag kainan.

**"'Yung pag-uwi niyo po ba sa probinsiya?"** pagkumpirma ko at tumango naman si Tita.

**"Bakit biglaan?"** Hindi ko matago ang pag-aalala ko. Paano kung hindi na makabalik si Mama?

**"Matagal na talaga kaming pinapabalik do'n, kaso ngayon kailangang kailangan na."**

**"Maaga kami bukas, para pagdating do'n makapagpahinga ako ng matagal,"** dagdag ni Mama at inayos ang nakabalabal sa kanya.

Tinitigan ko siya. Wala naman akong nababakas na takot. Baka nga totoo ang sinasabi nilang tungkol lang sa property ng Lolo ko.

Sana lang talaga wag silang babalik dito na may kasama ng masamang balita.

Bahagya akong tumango. **"Pasabi na lang kay Lola miss ko na siya."**

**"Kay Tita Lara mo, wala ka ipapasabi?"** tanong ni Tita.

Umiling ako. **"Wag na lang po baka murahin ako."**

Sabay silang tumawa ni Mama. Naglakad na sila papuntang kusina kaya pumunta na ko sa kwarto ko para sana magpahinga na rin. Natigilan ako ng makita kong may taong nakadapa sa kama ko.

*Pula ang buhok.*

Nilapitan ko siya at sinilip, tulog na tulog siya at malalim ang paghinga. Bigla naman akong nakaramdam ng awa sa itsura niya. Parang pagod na pagod siya at ngayon lang nakahanap ng maayos na hihigaan.

Kaya pala hindi siya nakitang kasama nina Kuya at paglabas ng bahay. Hindi pala talaga siya sumama.

Minabuti kong hayaan na siyang matulog. Nanguha na lang ako ng pamalit at dumiretso sa banyo para maglinis at mag-ayos. Hindi rin naman ako nagtagal. Paglabas ko tulog pa rin siya at ngayon mahina ng humihilik.

Hindi pa naman ako inaantok kaya nag-review muna ako. Baka meron akong ma-save na lesson sa utak ko at magamit ko bukas. Wag lang talaga ako gugutumin habang nag-eexam at baka mabura lahat ng pinaghirapan kong pag-aralan.

*Kailangan makisama ng utak ko bukas. Kakain ako marami sa umaga.*

Habang nagbabasa ng notes na binigay sa 'kin ni Aries, narinig ko ang pagtunog ng phone ko. Tinignan ko 'yon at pangalan ng Hari ang bumungad sa 'kin.

**From:** *King_Bingi*

**Message:** *I'm home, Keigan is alright. He's asleep now due to exhaustion.*

*'Yan! Ganyan ang gusto ko nag-u-update.* Mabilis naman akong sumagot sa kanya at nag-goodnight. Alam kong pagod na rin siya kaya hindi na ko nakipag-kwentuhan. Bukas ko na lang din sasabihin sa kanya na nasa kwarto ko si Yuri. Baka bigla siyang bumalik dito at banatan ang bestfriend niya.

Babalik na sana ako sa pagbabasa ng notes ng mapansin kong gising na si Yuri at nakatingin sa 'kin. Ngumiti siya at unti-unting bumangon.

**"Sorry, I fell asleep in your bed,"** sabi niya at inayos ang buhok bago isuot ang salamin.

Ang haba na pala ng buhok niya, ngayon ko lang napansin.

**"Sige lang, mukang pagod na pagod ka eh."**

Ngumiti siya. **"A bit, nahihirapan kasi ako sa set up namin ngayon."**

**"Kaunting tiis, makakahanap din kayo ng maayos na lilipatan,"**

Naupo siya sa gilid ng kama malapit sa study table ko kung saan ako naka-pwesto.

**"Do you need help?"** tanong niya sabay turo sa mga notes ko.

Umiling ako. **"Okay na ko, tinulungan ako ni Aries. Inuulit ko na lang pagbabasa para hindi mabilis mawala sa isip ko."**

Tinitigan niya ko sandali at akmang aabutin ang pisngi ko pero mabilis akong nakalayo. Halatang nagulat siya sa ginawa ko.

*Hindi ko sadya, kusang umiwas katawan ko.*

**"May dumi ka sa pisngi mo,"** sabi niya at pinunasan ko naman ang pisngi ko.

Nawala ang kaninag ngiti niya. Kalmado siya pero parang ang lalim ng iniisp niya. Hindi ko maiwasang kabahan. Alam ko namang wala siyang gagawing masama sa 'kin pero hindi ko lang maiwasan.

**"B-Bakit?"**

**"Bakit ang ilap mo sa 'kin?"** tanong niya.

Napaisip ako. Mailap nga ba ako sa kanya. Binabati ko pa rin naman siya, nagtatawanan pa rin naman kami, nag-uusap kagaya dati at higit sa lahat niyayakap kapag may pagkakataon.

*Anong mailap do'n?*

Kuwari ko siyang tinawanan. **"Paanong mailap?"**

**"Was it because of Keifer?"** seryosong tanong niya at naging seryoso rin ako. **"Ayaw mo ba siyang magselos?"**

**"Hindi naman ako mailap ah? Ako nga dapat ang magsabi niyan sa 'yo. Hanggang ngayon may mga hindi ka pa rin sinasabi sa 'min,"** sagot ko at parang napahiya siya.

Sinuklay niya ang buhok kasunod ng paghinga ng malalim. Mali yata ang naging tono ko. Parang ang dating kasi inaakusahan ko siya.

*Pero mapipigilan ko bang akusahan siya?*

**"I'm sorry, my bad,"** sabi niya at merong kinuha sa ilalim ng unan ko. **"Pero paano pa ko magsasabi sa 'yo kung may alam ka na?"** Binuklat niya ang isang nakatuping papel at iniharap sa 'kin.

Nanlaki ang mga mata ko ng makita ko ang muka at pangalan ni Keifer. 'Yung listahan na nakuha ko sa gamit niya.

Ang alam ko naibalik ko 'yon ng maayos sa envelop na pinaglalagyan. Paano niya nalaman na nakita ko 'yon? Imposibleng may sinabi si Ma'am Cindy.

**"A-Anong sinasabi mo?"** maang-maangan ko.

Hindi siya sumagot. Tinitigan niya ko na para bang sinasabi niya na hindi siya nakikipaglaro.

Tatanggi pa ba ko kung halata namang alam na alam na niya? Sarili ko lang ang ginawa kong tanga kung gano'n. Napalunok ako. Nahihirapan akong gumalaw pero kailangan kong kumilos.

Segundo lang ang meron ako, agad akong tumayo at tumakbo palabas sana ng kwarto pero mas mabilis si Yuri. Nahawakan kagad niya ang dalawang braso ko bago ako isandal sa pader. Narinig ko pa ang pagtaob ng bangkuan ko mula sa study table.

Nanginginig akong tumingin sa kanya. Gusto kong sumigaw pero baka meron siyang gawin sa 'kin at baka mapahamak din ang mga tao dito sa bahay.

Nakakainis! Hindi ko dapat siya pinag-iisipan ng masama dahil wala pa siyang paliwanag pero hindi ko mapigilan.

*Ano ba talagang nangyayari kay Yuri? O mas tamang sabihin na sino ba talaga siya?*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 384

**A/N:**

**Exam**

***Jay-Jay's POV***

Bakit ako natatakot ng ganito? Si Yuri pa rin naman siya. Kaibigan ko pa rin naman siya.

**"Sshh. . ."** sabi niya at pinunasan ang pisngi ko gamit ang hinlalaki niya.

Hindi ko namalayan na umiiyak na pala ako. Nakasandal pa rin ako sa pader at nakaharang naman ang mga braso niya sa magkabilang ulo ko. Nakakulong ako at hindi makatakbo.

**"Sshh. . . I won't hurt you."**

**"T-Tinatakot mo ko,"** sagot ko at bahagya siyang tumawa.

*At talagang tinawanan pa ko.*

**"Hindi ka matatakot kung hindi mo ko pinag-iisipan ng masama."**

Oo nga naman. Totoo ang sinabi niya, kung hindi ko siya pinag-iisipan ng masama hindi ako matatakot ng ganito. Kaso anong gagawin ko, eh hindi ko mapigilan. Ang dami kong hindi alam sa kanya, idagdag pang baka may balak siyang masama kay Keifer.

Paano kung nagalit siya sa 'kin dahil nakikialam ako sa balak niya? O baka naging sagabal ako sa plano niya? Kagaya sa mga telenobela sa TV, mate-tegi ang mga kumokontra sa plano ng kotrabida.

*Tangina, alisin mo 'yan sa isip mo Jay!*

**"Kung hindi ganito ang kilos mo, hindi ako matatakot."** Pagmamatapang ko.

Hindi ako papahuli ng buhay. Lalaban kahit gutom.

Kinagat niya ang labi bago ngumiti at magsalita. **"Lagi kang may sagot."**

*Ay, malamang!*

Hinawakan niya ang baba ko at pilit iniharap ang muka ko sa kanya. Ilang beses akong umiwas kaya nauwi ang kamay niya sa paghawak sa panga ko. Agad umangat ang isang kamay ko para hawakan siya sa pulso.

**"Calm down Jay, gusto lang kitang makausap ng maayos,"** sabi niya at nilapit ang muka sa 'kin. **"Wala akong balak saktan ka. May tiwala ka naman sa 'kin di ba?"**

*May tiwala pa nga ba ko?*

Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Nang mapansin niyang maayos ang paghinga ko tsaka niya ko binitawan. Nakasandal pa rin ako sa pader habang pinapanood siyang kuhanin ang papel kung saan nakasulat ang pangalan ni Keifer.

Inunat niya ang papel at hinarap sa 'kin. **"Bukod sa 'yo, sino pa ang nakakita nito?"**

Hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin ang totoo. Kung magsisinungaling naman ako baka lalong maging kumplikado ang sitwasyon, lalo na kapag nahuli niya ko. Pero hindi ko pwedeng ilaglag si Ma'am Cindy.

**"W-Wala. Ako lang."**

Tinitigan niya ko sa mga mata. Nakipagsabayan ako sa kanya para patunayan na hindi ako nagisisnungaling. Laking pasasalamat ko ng tanggapin niya ang sagot ko.

**"Do you know what this is?"**

Gusto kong sabihing hindi, kaso sinong niloko ko no'n. Hindi siya tanga. Alam kong may idea na siya na alam ko kung ano ang papel na 'yon. Idagdag pang tumakbo ako kanina ng ipakita niya sa 'kin ang papel.

Alangan namang sabihin kong natakot lang ako sa picture ni Keifer. *Huhu kata-cute.*

Tahimik akong napaluha at napabuntong hininga siya. **"Of course you do. Si Freya ba ang may sabi sa 'yo?"**

Dahan-dahan akong umiling. Naguluhan ako kung bakit naisip niyang si Freya ang pwedeng may sabi sa 'kin. Dahil ba nagkakausap na kami o dahil sumasama na rin siya sa 'min? Alam kaya niyang naki-chismis ako sa kanila no'n sa Ospital?

**"Tell the truth Jay, mapapahamak si Freya kapag nalaman nilang may pinagsabihan siyang iba tungkol dito."**

*Sinong nila? At bakit mapapahamak si Freya?*

**"W-Wala siyang sinabi sa 'kin. Hindi naman kami close ni Freya,"** paliwanag ko.

Totoo naman. Hindi pa kami frenny para magchikahan ng hindi nag-aaway-away.

Para siyang nakahinga ng maluwag. Pero mukang hindi pa rin siya tapos magtanong sa 'kin.

**"Kanino mo nalaman ang tungkol dito?"**

Umiling ako. **"H-Hinala ko lang, dahil 'yung mga kasamang pangalan niyan, pamilyar ang iba."**

**"At ang hinala mo?"**

Ilang beses akong huminga ng malalim. **"M-May balak kang masama kay Keifer, baka pababagsakin mo rin siya kagaya ng ibang pangalan kasama niyan."**

Tinitigan niya ko. Hindi man lang niya tinanggi kung mali ba ang hinala ko. Mukang tama nga ako. Mukang tama nga si Ma'am Cindy. Nilapitan niya ko at hinawakan ang dalawang kamay ko.

**"Listen to me, sa ngayon hindi pa ko pwedeng magsalita o magkwento sa 'yo. But I need you to trust me. Ako, si Freya at iba pang taong involve dito, kailangan naming makalaya sa mga taong nagpadala nito."**

Naguluhan ako. Bakit kasama si Freya? At makalaya kanino? Lalo lang akong naguguluhan sa mga sinasabi niya. Sagot ang hinihingi ko pero panibagong tanong lang ang nadadagdag. Naiinis akong ganito ang ginagawa niya.

*Pahingi ng sagot, ano ba?*

**"Wala kang ibang pwedeng pagsabihan nito Jay."**

Pilit kong inagaw ang mga kamay ko sa kanya. Kita kong nasaktan siya sa ginawa ko.

**"Paano ako nakakasiguro na hindi mo sasaktan si Keifer?"**

*Ngayon pa talaga ako nagka-trust issue.*

Tinitigan niya ko. **"I won't. I know I won't hurt him."**

Ang hirap niyang pagkatiwalaan ngayon pero gagawin ko pa rin. Kasi kaibigan ko pa rin siya. Kasi siya pa rin naman ang Yuri'ng kilala ko. Kaya kahit labag sa loob ko, tumango ako.

**"Wala akong ibang pagsasabihan, basta wala kang gagawin sa kanya na ikapapahamak niya,"** sabi ko at para kaming nagkaroon ng kasunduan.

Ngumiti siya sa 'kin. Sa pagkakataon na alam kong genuine na ang ngiti niya. Pwede akong magalit sa kanya at awayin siya dahil sa napatunayan ko pero ngayon ko na naisip na baka mabigat ang dinadala niya. Ayokong maging pabigat sa kanya.

Pero oras na may mapansin akong hindi maganda, hindi ako magdadalawang isip na sabihin ang totoo kay Keifer. Kahit alam kong magkakasira na naman ang pagkakaibigan nila.

**"Thank you for trusting me, when the right time comes, I will tell you everything,"** sabi niya at tinalikuran ako para lumabas ng kwarto.

Napaupo ako sa sahig. Ang daming naglalaro sa isip ko. Hindi ko mapigilang matakot para kay Keifer. Akala ko mababawasan na ang isipin ko kapag wala na si Ram, pero ito na naman may dagdag na namang isipin.

Buti sana kung tumatalino ako kakaisip, kaso laging pagkain ang hinahanap ng utak ko.

May ilang oras din akong nakaupo sa sahig. Narinig ko pa ang pagdating nina Kuya, pero hindi na ko lumabas ng kwarto. Hindi ko rin namalayan na nakatulog na ko sa pwesto ko.

Nagising ako dahil sa pagkirot ng likod ko. Sinubukan kong mag-inat pero narinig ko ang pagtunog ng buto ko.

*Putangina nabalian pa.*

Pagapang akong lumapit sa higaan ako para lang makahanap ng suporta sa pagtayo. Para akong matandang nirarayuma. Hawak ko pa ang balakang ko pagtayo.

Hinanap ko ang cellphone ko para tignan ang oras. 5AM na ng umaga. Bigla ko naalala na ngayon nga pala ang alis nina Mama at Tita Gema. Sandali muna akong nag-ayos sa banyo bago lumabas ng kwarto.

Naabutan ko pa silang nasa sala at nag-uusap. Nakabalabal ulit si Mama at parang nilalamig pa nga. Palapit pa lang ako pero nakita na kagad niya ko.

**"Ang aga mo magising,"** puna niya.

**"Wala lang, alis na kayo?"** tanong ko at tinuro pa ang ilang bag na dala nila.

**"Oo, hinihintay lang namin ang Tito Julz mo."**

Tumango-tango ako at napatingin kay Tita na abala magbilin sa mga kasambahay. Hinarap ko ulit si Mama.

**"Babalik ka naman dito 'di ba?"** Hindi talaga mawala sa isip ko na baka do'n na siya damputin ng mga pulis.

Bahagya siyang natawa. **"Oo naman. Dito na ko maghahanap ng trabaho."**

Hindi ko alam pero kusang gumalaw ang katawan at braso ko para yakapin siya. Halatang nagulat siya sa ginawa ko pero nakisabay naman siya sa pagyakap din sa 'kin.

Ang dami kong atraso sa kanya. Gusto ko pang makabawi at maayos na makahingi ng tawad sa kanya.

*Bumalik ka dito, sinasabi ko sa 'yo, susunod ako sa kulungan.*

**"Ano bang nangyayari sa 'yo?"** tanong niya pero hindi ko sinagot.

Bumitaw ako at nagpaalam na sa kanya. **"Babalik na ko sa pagtulog."**

Narinig ko ang mahinang pagtawa ni Tita Gema. Nagpaalam na rin ako kay Tita. Hindi nagtagal dumating na si Tito Julz kasunod si Kuya Angelo. Sandali pa silang nag-usap bago tuluyang magpaalam sa 'min.

Sunod-sunod silang sumakay ng kotse. Nasa pinto si Kuya at pinapanood sila samantalang ako nakatayo pa rin kung saan nila ko iniwan. Natatakot ako para kay Mama.

*Sana wala talagang humili sa kanya ro'n.*

**"Bakit ang aga mo?"** tanong ni Kuya pagtalikod niya at makita ako.

**"Sumakit likod ko. Sa sahig kasi ako nakatulog."**

**"Ano na naman ang kalokohan mo at napunta ka sa sahig?"**

*Kalokohan agad? Hindi pwedeng do'n lang nakatulog o kaya nalaglag sa kama?*

**"Wala, do'n lang talaga ako nakatulog. Saan na sina Ma'am and Sir?"** Pag-iiba ko sa usapan.

**"Sa huling guest room, si Yuri naman nasa kwarto ni Aries."**

**"Pumayag si Aries?"** Hindi makapaniwala kong tanong.

Alam ko namang medyo magkakasundo na sila pero syempre iba pa rin ang takbo ng isip ng horoscope na 'yon. Hindi pa rin siya kumportable makasama ng matagal ang mga dating kaibigan. Magandang progress kung pumayag nga ang kapatid ako.

Kaso hindi ko mapigilang mag-alala, hindi ko nga lang alam kung para kanino.

**"As if he have a choice to say no,"** sagot ng pinsan ko at tinalikuran na ko.

*Ay syemre wala, ikaw ang batas.*

Bumalik na ko sa kwarto ko para sana matulog ulit. Kaso nawala na ang antok ko kaya sinubukan kong magbasa ng notes. Inayos ko pa ang bangkong tumaob kagabi matapos kong subukang tumakbo palayo kay Yuri.

Kahit kaunting lecture sana meron pa ring pumasok sa isip ko. Baka mamaya bigla akong ma-blangko habang kaharap ang test paper. Buti sana kung may magmagic at magsagot ulit no'n para sa 'kin.

*Ano kaya kung magkasakit ako ulit? Paano ba?*

Hindi ko namalayan ang oras kaya nagulat ako ng merong tumawag sa 'kin para mag-almusal. Sunod naman ako agad dahil gutom na rin ako, buti naman at nakatagal ang tyan ko. Natigilan nga lang ako ng makita ko si Yuri na nag-aayos ng hapag.

Ngumiti ng matamis sa 'kin. **"Good morning,"** bati niya.

Tumango lang ako at nilingon si Ma'am Cindy na may pagkain. Ngumiti siya sa 'kin at binati ako. Gano'n din ang ginawa ni Sir Alvin na kasunod niya.

**"I hope you don't mind about us barging in,"**

Umiling ako at handa na sanang sumagot pero ang kakadating na Kuya Angelo na ang gumawa.

**"You're not barging in. I invited you to be here."**

**"Baka mailang pa rin ang mga pinsan mo. Imagine their teachers in one roof with them,"** paliwanag si Sir Alvin.

*May tama naman si Sir. Nakakailang nga na andito sila sa bahay.*

Pero naiintindihan ko naman ang sitwasyon nila. Kailangan nilang pagtaguan ang mga inaanak nila. Kailangan nila ng maayos na titirhan kahit sandali bago makahanap ng maayos at permanente.

Nakakahiya nga lang kasi makikita nila kung paano kami kumilos sa bahay. Hindi na lang ako lagi lalabas ng kwarto. *Ipasok ko ang ref sa kwarto ko.*

**"Good morning,"** bati ni Aries na bigla na lang sumulpot sa likod ko.

*Aba, isa na siyang kabuti ngayon.*

**"Kumpleto na tayo, shall we eat?"** tanong ni Ma'am at nagkanya-kanya na kami ng pwesto.

Hindi ako kumportableng tumabi kay Yuri kaya nakipagpalit ako kay Aries. Sakrispisyo nga lang dahil naging katabi ko si Kuya Angelo. Mabuti na lang din at walang nakapansin ng ginawa ko. Tahimik akong kumain pero sila patuloy sa pag-uusap. Minsan akong sumasagot sa mga tinatanong nila pero hindi ako bumuboo ng usapan.

Natapos ang almusal at nauna akong bumalik sa kwarto ko para mag-ayos. Hindi ko pa rin kasi naaayos ang mga gamit ko sa bag. Nagsabog pa ang mga piraso ng notes ko. Naging mabilis naman ang kilos ko sa pagligo at pagbibihis.

Exam day na, nakakatakot. Kung kailan ako nagreview tsaka ako sobrang kinakabahan, hindi kagaya dati na stock knowledge lang ang meron ako tapos wala pang knowledge puro stock lang.

*At least nairaos.*

Matapos mag-ayos lumabas na ko ng kwarto. Timing naman dahil balak na pala akong puntahan ng kapatid ko. Natigilan siya ng makita ako. Nagulat siguro siya dahil naunahan ko siya. *Amazing. Mamangha ka!*

**"May sakit ka no?"** bungad niya sa 'kin.

**"Bakit na naman? Dahil sa nauna ko sa 'yo?"** inis na sagot ko.

Akala niya siguro makakahirit siya ng pang-asar sa 'kin.

**"Hindi, ang putla kasi ng labi mo,"** sagot niya at tinalikuran na ko.

Napahawak ako agad sa labi ko. Tuyot nga pero hindi ko naman masabi kung maputla nga. Akala ko may hirit na naman 'tong horoscope na 'to. Sana hinulaan na lang mangyayari sa 'kin sa exam. Sumunod naman ako sa kanya ng walang sinasabi. Pakiramdam ko talaga inaasar lang niya ko.

Hindi kaya namutla ang labi ko dahil sa kaba? Nag-aalala kasi ako sa exam namin, baka biglang mabura ang mga lessons na paulit-ulit kong pinag-aralan.

*Kumapit lang kayo sa utak ko, please lang.*

Sa kotse kami ni Aries sumakay, nag-alangan nga lang ako ng isabay niya si Yuri. Hindi tuloy ako masyado nagsalita sa buong byahe papunta ng school.

Si Sir at Ma'am Cindy, hiwalay pumasok ng school. Hindi ko pa rin maintindihan kung bakit gano'n set up nila pero hinayaan ko na lang. Magulo talaga ang matatanda.

*Pinakamagulo si Kuya, kasi matanda na siya.*

Kung naririnig lang siguro ng pinsan ko mga pinagsasasabi ko sa isip ko malamang mabatukan ako no'n. Natatawa na lang ako sa mga panlalait ko sa kanya. Hindi ko rin naman kayang sabihin lahat sa kanya ng harapan, kaya dito na lang sila sa maliit kong utak.

Nakarating kami ng school ng matiwasay, pagdating sa parking nakita ko agad ang Hari ng mga Ulupong. Agad ko siyang nilapitan para sana gulatin pero nakita na pala niya ko.

**"Kainis, bubulagain sana kita."**

Mahina siyang tumawa. **"Ulitin mo na lang, I'll pretend that I didn't know."**

**"Eh? Asan ang surprise do'n?"**

**"Dagdagan mo ng word na surprise,"** sabi niya at napasibangot ako.

Ang aga-agad pero tinatarantado ako nito. Sinuntok ko siya sa braso.

**"Bwisit—!"** naputol ang sasabihin ko dahil sa biglaang pagsulpot ni Yuri sa harap namin.

Hindi ko namalayaang kusang humawak ang isang kamay ko sa braso ni Keifer. Napatingin siya do'n bago ibaling ang paningin sa 'kin at ngumiti at harapin ang Hari.

*Bakit ba ko kinakabahan?*

**"How's Keigan?"** tanong niya.

**"Good, I think. Nagkulong na naman siya sa kwarto at nahirapan silang palabasin siya kaya nagkagulo,"** paliwanag niya.

Nagsimula silang maglakad kaya napasunod ako. Bumitaw ako kay Keifer dahil naiipit nila kong dalawa. Napunta ko sa likod niya at agad hinawakan ang dulo ng polo niya para hindi ako mapalayo sa kanila.

Patuloy sila sa pagk-kwentuhan habang ako nakikinig lang. Paminsang titingin sa 'kin si Yuri pero umiiwas lang ako. Sinusubukan din niyang tanongin ako pero tipid na salita ang sagot ko sa kanya.

*Naiilang ako sa kanya.*

Pakiramdam ko ang sama ko kasi ganito ang nararamdaman ko para sa kanya.

Nakarating kami sa room at napansin ko agad ang katahimikan ng lahat. Tinignan ko ang mga Ulupong at karamihan nakatingin ng masama kay Drew, Rory at Edrix na nasa sulok ng kwarto. Binati ako ng iba pero karamihan walang gana.

Sinubukan kong ngitian sina Drew pero pilit na ngiti lang ang sinagot nila sa 'kin bago umiwas ng tingin. Gano'n din sina Rory at Edrix. Halatang mga umiiwas sila.

**"Jay,"** tawag sa 'kin ni Keifer at bahagya akong hinila palapit sa table ko. **"Please ignore them."**

**"Bakit ko gagawin 'yon?"**

**"For your safety,"** sagot niya.

Magrereklamo pa sana ako pero kita ko ang pagseryoso ni Keifer. Kung tutuusin siya nga dapat ang umiwas dahil siya naman ang sunod na target.

Napanguso ako at naupo na lang sa table ko. Gising si David ngayon, dahil siguro may exam kaya kailangan active ang isip niya. Si Ci-N naman naglalaro sa cellphone niya. Wala pa naman si Sir kaya kinuha ko muna ang notes ko para magbasa.

*Seryosong seryoso sa pagbabasa, wala namang naiintindihan.*

Ngayon ko napatunayan na totoo pa lang nagiging relihiyoso ang mga istudyante kapag malapit na ang exam, kasi napapadasal na lang ng milagrong makapasa. Nakakaiyak naman.

Hindi nagtagal ng dumating si Sir. Binati niya kaming at pasimpleng tinignan ang sulok ng kwarto kung nasan ang tatlo. Mukang may tinatagong hinanakit 'tong si Sir kay Drew. Pasulyap-sulyap lang siya. Pero kung ako kay Sir, mamemersonal ako ibabagsak ko 'yan.

Joke lang, nakakaawa rin kaya si Drew. Alanganin din kaya ang grades niya at baka hindi rin maka-graduate. Kaya sana makabawi-bawi rin siya ngayon para hindi na siya mahirapan pa. Alam ko na namang priority niya ngayon ang magbayad ng utang, pero malaki rin matutulong ng diploma niya sa kanya.

Tinago ko na ang mga gamit ko at tinira ang mga kailangan ko sa exam. Pagkaabot ng test paper, napa-Thank you, Lowd ako agad. *Yes, hindi ako zero nito. May one point na ko.*

Sinimulan namin ang exam, may pagkakataon na hindi ko maalala ang tanong pero proud akong sabihin na natatandaan ko karamihan. Si Ci-N ang unang nakatapos at nagpasa ng papel, sumunod si Yuri, ang Hari ng mga Ulupong at si David. Halos kalahati na ng mga kaklase ko ang nagpasa bago ako makatapos at makapagpasa ng sarili kong papel.

Malapad ang ngiti kong inabot 'yon kay Sir. Natawa pa siya sa itsura ko.

**"Ang bilis ah, tama ba lahat 'yan?"** tanong niya at umiling ako habang nakangiti.

Nginitian lang niya ko ng nakakaloko bago tanggapin ang papel ng ibang Ulupong. Bumalik na ko sa upuan ko at proud na ngumiti kay David. Napangiti rin siya dahil sa reaction ko.

**"Ganda ng mood,"** sabi niya.

**"Syempre, marami akong naalala sa mga ni-review ko."**

**"Really? Napansin mo rin ba ang mga pampalitong sagot?"** tanong niya na nagpawala ng ngiti ko.

*Anong pampalitong sagot? Ano 'yon?*

Umiling ako. **"Ha? Meron ba no'n?"**

**"Oo, 'yung sagot na akala mo 'yun na pero mali pala,"** seryosong sagot niya.

Nanginig ako bigla. Hindi ko napansin 'yon. Ibig sabihin ba no'n iba ang tamang sagot pero hindi ko nakita o napuna man lang.

**"Wala namang gano'n,"** singit ni Ci-N sa usapan namin at unti-unti sumilay ang nakakalokong ngiti ni David.

*Ay, bwisit! Nananakot lang pala.*

**"I'm just kidding,"** sabi niya sa 'kin at agad ko siyang inabot para hampasin.

**"Bwisit! Akala ko nauwi sa wala pagr-review ko!"**

Mahina siyang tumawa. Ilang beses ko pa siyang hinampas at tumigil lang ng kuhanin ni Sir ang atensyon namin. Inayos niya ang mga papel sa harap at hinintay kaming tumahimik.

**"Na-explain ko na 'to dati pero uulitin ko ulit. This will be your final exam pero meron pa tayong post-final exam,"** panimula ni Sir at lahat naman kami nakatutok. **"Pwede kayong bumawi do'n kung meron kayong bagsak at pwede ring gamitin ang score do'n as your entrance exam score para sa mapipili niyong university or college."**

Tumango-tango naman ako pero sa totoo lang wala akong naiintindihan.

**"Sadly, not all university is accepting the post-final exam score as an entrance exam score. Unfortunately we are not accredited to those university. Kaya naman kung papasok kayo sa school na 'yon at pasado naman lahat ng exams niyo, hindi niyo na kailangang kumuha ng post-final exam."**

Biglang naghiyawan ang mga Ulupong kaya napalingon ako sa kanila. Meron pang nag-appear at si Mayo naman tinangka pang yakapin si Kit pero tinulak lang siya sa muka palayo kaya muntik na siyang matumba.

**"Aray naman,"** reklamo pa niya.

**"Ang kulit mo kasi,"** sagot naman ni Kit.

Napailing na alng ako. Inagaw ulit ni Sir ang atensyon namin.

**"Anyway, scores will be posted on Monday kaya enjoy the long weekend,"** sabi niya at napapalakpak naman ako.

*Waley pasok bukas, Friday ang saya-saya.*

Pag-alis ni Sir nagtayuan na rin kami. Akala ko ready na umuwi ang iba pero nagulat ako ng magkumpulan ang karamihan sa likod kung nasana ng tatlo.

**"Ano na? Iba rin tigas ng muka niyong tatlo!"** sabi ni Denzel.

Sinubukan siyang awatin ni Eman. Hindi ko naman siya masisisi sa galit niya dahil muntik na ring pag-isipan ng masama ang asawa niya habang naghahanapan ng traydor.

**"Kailangan din namin mag-exam,"** sagot ni Rory at tinulak siya ni Eren.

Agad na gumanti si Rory sa kanya kaya nagsimula na ng gulo pero mabilis na pumagitna si Yuri at David. Hinatak nila palayo ang mga sangkot.

**"Tangina naman!"** sigaw ni Eren kay David.

**"Kumalma nga kayo!"** sagot nito sa kanya.

**"Paano kami kakalma, para kaming kriminal kung tratuhin dito! Hindi niyo man lang iconsider mga dahilan namin!"** galit na sabi ni Rory.

**"Tanginang dahilan 'yan!"** sagot ni Blaster sa kanya. **"Kayo ba naisip niyo rin kami, na pwede niyo rin kaming lapitan? Wala kasi kayong tiwala sa 'min kaya nagkanya-kanya kayo ng kilos."**

Gusto ko rin sanang magsalita para awatin sila pero pinigilan ako ni Keifer. Pilit niya kong pinalayo at dinala sa labas ng classroom namin.

**"Sandali, hindi man lang ba natin sila aawatin?"** pigil ko sa Hari ng mga Ulupong.

**"David and Yuri is there, hayaan na lang muna natin sila."** Hinawakan niya ko sa kamay at hinatak paalis.

Hindi na ko sumagot kahit inis na inis ako. Kung safety pa rin ang dahilan niya tingin ko naman wala na kaming problema do'n. Wala na si Ram, wala na kong alam na pwedeng manakit or magtangka sa 'kin liban sa Halimaw na Tatay niya.

*Wala na. Badtrip na ko.*

Buong akala ko didiretso kami sa parking pero ganon na lang ang pagtataka ko ng dalhin niya ko sa harap ng room ng Section A.

**"Sorry, hindi kita mahahatid. I need to do something urgently,"** sabi niya at hinalikan ako sa noo. **"I will talk to you later."**

**"S-Sige, mag-ingat ka."**

Bago tuluyang umalis, nakahalik muna siya ng dalawang beses sa labi ko at malapad na ngumiti.

**"That's for the two profanity yesterday."**

Inirapan ko siya na kinatawa niya. Iniwan na niya kong nakatayo lang sa pwesto ko. Kumaway pa siya bago kumindat. Wala akong choice ngayon kundi hintayin ang kapatid kong matapos para makasabay ako sa kanya pauwi.

May ilang minuto pa siguro akong paikot-ikot ng mapansin ko ang mga Ulupong na nagtatakbuhan paalis. Para silang nagmamadali at merong pupuntahan.

Panghuli ko nakita si Rory, Edrix at Drew. Nag-uusap-usap pa sila habang mabagal na naglalakad.

**"Diretso uwi na ko, aasikasuhin ko muna kapatid at Nanay ko,"** sabi ni Drew sa mga kasama.

Napanguso ako. Meron lang kasing ideya na pumasok sa isip ko.

*Wag sana ako makagalitan sa naiisip kong gawin.*

*OceanofPDF.com*

# Chapter 385

**A/N:** Thank you sa lahat ng bumati ng Author's Day. Hope you guys enjoy this update.

**The Explorer**

*Bag pack . . . Bag pack . . . Bag pack . . . Bag pack . . .*

Feeling ko talaga ako si Dora kahit nasa taxi naman ako at hindi naglalakad. Sinusundan ko ang jeep na sinakyan ni Drew. Ito talaga ang kalokohang pumasok sa isip ko. Napapapikit na lang ako sa metro ng presyo na babayaran ko. Mas lalo kasing lumalaki ang presyo habang tumatagal, dahil na rin sa bagal ng traffic.

Sana magkasya ang dala kong pera, kundi mapipilitan akong tawagan si Aries para manghingi ng pambayad. Eh hindi nga niya alam na nasa galaan ako. Pero nagtext naman ako sa kanya, sabi ko mauna na siya dahil may pupuntahan ako.

*Hindi ko nga lang tinignan ang reply niya.*

Wag sana niya kong isumbong kay Kuya Angelo. Syempre malilintikan ako ro'n, ayaw nga niyang ipaalam sa 'kin ang plano nila.

Napatingin ako sa harap ng taxi ng huminto ang jeep at makita kong bumaba si Drew. Sinundan ko siya ng tingin sandali bago utusan ang driver na ibaba ako sa hindi kalayuan. Mabuti na lang at hindi na lumaki pa ang babayaran kong pamasahe. Agad akong bumaba at hinanap ang pakay ko.

Naglakad siya sa isang kalsada, dahan-dahan ko siyang sinundan para hindi ako mahalata, sunod tago sa mga pwedeng pagtaguan kapag lumingon siya. Tuloy lang ako sa ginagawa ko hanggang sa pumasok siya sa isang malaking lumang gate. Papasok 'yon sa isang subdivision.

Mga luma ang mga bahay, malalaki at matataas ang mga bakod ng iba. Parang ayaw ipasilip kahit pinto man lang. Siguro, sobrang yaman ng mga tao dito, tapos meron ding pinagtataguan. Dapat yata rito rin tumira sina Sir Alvin at Ma'am Cindy.

Walang gaurd na nakabantay sa gate. Sinubukan kong pumasok pero wala namang sumita. Nang sundan ko ang dinaanan ni Drew, hindi ko na siya makita. Bigla na lang siyang nawala. Hindi ko man lang napansin kung may pinasukan siyang gate o iskinita.

*Hala, paano na 'to? Wala naman ako pwedeng pagtanungan.*

Mukang kailangan kong isa-isahin ang mga bahay at maghanap ng pwedeng clue kung saan pwedeng nakatira si Drew. Iniisip ko namang tawagan si Blaster, kasi sabi ni Ci nakapunta na si Blas sa bahay nila. Kaso kung magtatanong ako sa kanya, baka isumbong niya ko kay Keifer o kaya sa iba pang kapwa niya Ulupong, edi nalintikan pa ko. Wag na nga, baka mapurnada pa plano ko.

Pilit kong tinandaan kung saan ko siya huling nakita. Tumayo ako sa parehong lugar at tinignan ang paligid. Sumilip ako sa kanan at sa kaliwa. Sinumulan kong lapitan ang pinaka-maliit na bahay sa paningin ko, kahit imposible dahil lahat naman sila malalaki. Sinilip kong pilit ang mga bahay sa maliit na siwang sa gate. Tumalon-talon din ako, nagbabaka-sakali na mataas akong tumalon. Kaso naalog lang ang kapiraso utak ko sa ginawa ko.

*Bola 'yan?*

Isang bahay na lang ang naiisip kong silipin, nakabukas ang maliit na gate nila pero hindi ko naman pwedeng pasukin at baka magalit ang may-ari ng bahay. Tanaw ko ang malaking bahay sa loob, pero sarado ang pinto at nahaharangan ang mga bintana. Gusto ko sanang lumapit para silipin pa pero nagbago isip ko ng may makita akong naglalakad na babae sa loob, meron siyang yakap-yakap na chess board.

Napilitan akong bumalik sa kinatatayuan ko kanina. Wala akong makitang clue or possibleng bahay ni Drew.

*Kung umuwi na lang kaya ako.*

Nanlulumo akong naupo sa sidewalk na my gutter. Buti na lang walang ibang tao kaya walang makakapuna sa pagkakaupo ko. Kukuhanin ko na sana ang phone ko para tignan kung may message ng may maramdaman akong tao sa tabi ko.

**"Jay, ayusin mo ang pag-upo mo. Nakikitaan ka na,"** sabi ng tao sa tabi ko at agad ko siyang tinignan.

Ang pulang buhok niya ang una kong napansin.

**"Naka-cycling shorts ako,"** sagot ko sa kanya bago tumayo at pagpapagin ang palda ko. **"Paano mo nalaman na nandito ako?"**

Hindi ko maiwasang maghinala sa kanya. Wala naman akong tracking app sa phone ko kagaya dati kaya paano niya nalaman kung nasan ako.

Wala rin akong pinagsabihan. Alam ko rin na hindi ako nasundan kanina.

**"Drew texted me, he knew that you're following him,"** sagot niya at pinakita sa 'kin ang phone niya. **"Mukang hindi sumasagot si Keifer kaya ako ang sunod niyang minessage."**

*Ay tinext pala siya. Nahuli pala ako ni Drew, kaya siguro biglang nawala.*

Napanguso ako. Feeling ko tuloy ang sama ko dahil naghinala kagad ako sa kanya.

**"Umuwi na tayo bago pa malaman ng Kuya mo na pinuntahan mo si Drew,"** sabi niya at akmang hahawakan ang kamay ko pero agad akong lumayo sa kanya.

**"Gusto ko munang masiguro na okay si Drew."**

Sinubukan ulit niyang kuhanin ang kamay ko pero lumayo na ko ng tuluyan. Halatang nakunsumi siya bigla sa ginawa ko.

*Na-stress ka 'no?*

Napabuntong hininga siya bago hilutin ang gilid ng noo. Sumakit na kagad ulo niya  sa kakulitan ko. Dati pa naman akog ganito kaya anong bago. Tinitigan niya ko ng ilang segundo bago magsalita.

**"Okay, but promise me that we'll leave as soon as you see him,"** sabi niya at tipid akong tumango.

Tinignan niya ang paligid bago simulang maglakad. Sumunod naman ako agad sa kanya. Lumiko siya sa isang kanto na pinuntahan ko rin kanina. Tumapat siya sa gate hinintuan ko kung saan may babaeng naglalakad kanina. Dahan-dahan siyang pumasok sa naka-bukas na maliit na gate, tumingin siya sa kanan at kaliwa bago ako senyasan na pumasok.

Ginawa ko naman at nakita ko ng malapitan ang malaking bahay na nakita ko kanina. Ibig sabihin dito nakatira si Drew. Ang yaman nga talaga niya dati. Mala-mansyon ang bahay nila na kapareho ng mga nakikita ko sa telenovela kung saan may hagdan palapit sa malaking pinto ng bahay. May mga harang na flywood ang mga bintana mula sa loob.

Si Yuri ang nagsara ng gate. Naglakad siya papunta sa gilid ng bahay at agad akong sumunod. Dumaan kami sa mistulang garden na balot ng mga baging at maraming patay at tuyot na halaman. Maging malaking puno na sinasabitan ng baging mukang malapit na ring mamatay. Matataas na rin ang mga damo pero hinawi 'yon para lang magkaroon ng daan.

Paglagpas ng garden merong pool pero walang tubig. May nakaharang na lambat at maraming tuyong dahol at lumot. Hinarangan din ang paligid no'n ng mga kahoy at yero na nagmistulang bakod. Napatingin ako sa isang bahay sa sulok. Maraming damit na nakasampay sa harap no'n at kita ko ang uniform ng HVIS.

**"Dyan nakatira si Drew?"** tanong ko kay Yuri at tumango naman siya.

Natigilan kami ng makarinig ng sunod-sunod na sigaw mula sa loob ng bahay. Kinabahan ako at mukang gano'n din si Yuri. Sabay kaming tumakbo palapit sa bahay. Nakabukas ang pinto kaya nakita agad namin ang nangyayari.

**"Ma! Kumain ka muna!"** galit na sabi ni Drew habang pilit sinasangga ang mga hampas at kalmot ng isang babae.

Mukang siya ang Nanay ni Drew. Tinawag din kasi niyang Ma. Pero pwede ring term na Ma-nang, o kaya Ma-buhay, o Ma-kakain, o Ma-der pader. Mas tama pa rin pa ring sabihin Mama niya.

*Tapos hindi pala niya Mama, imbento lang ako.*

Paulit-ulit na sumisigaw ang Mama niya habang paulit-ulit din sa pananakit sa kanya. Yakap-yakap ni Drew ang chess board at ayaw bitawan.

**"Laro! Balik mo sa 'kin!"** sabi ng Mama niya at nagsimulang umiyak.

Hinarap siya ni Drew at sinigawan sa mismong muka. **"Kumain ka! Hindi ko ibabalik sa 'yo 'to!"**

Lalong lumakas ang pag-iyak ng Mama niya. Kita ko ang awa at paghihirap ni Drew pero parang wala siyang magawa. Natigilan siya ng makita kami ni Yuri sa pinto ng bahay nila. Para siyang napahiya at mabilis na umiwas ng tingin.

*Ito pala ang buhay niya. At ganito pala ang kalagayan ng Mama niya.*

Tumayo siya at pumasok sa loob ng bukas na pinto ng kwarto. Agad na sumunod ang Mama niya sa kanya. Ilang segundo lang at lumabas ulit siya sunod sara ng pinto. Hindi na niya hawak ang chess board. Tinignan niya kami bago inayos ang sarili. Pinagpag niya ang damit at sinuklay ang buhok gamit ang mga daliri niya.

**"M-May kailangan kayo?"**

Hindi ako nakasagot. Tulala pa ko sa naabutan kong eksena. May ideya naman ako sa kalagayan ng babaeng kaharap niya kanina sadyang ayaw ko lang magtanong o ibungad 'yon sa kanya. Tinapik ako ni Yuri para agawin ang atensyon ko pero wala akong naging sagot sa kanya.

**"A-Ano. . . "**

Nagpabalik-balik ang tingin ni Yuri sa 'kin at kay Drew. **"Gusto kang kumustahin ni Jay-Jay,"** sabi niya.

Totoo naman. Gusto ko ring kumustahin si Drew kaya ko siya sinundan at para na rin sana makausap siya ng maayos. Alam ko, nagiging pakialamera na naman ako, pero kaibigan ko to at kasama ako sa na-agrabyado niya kaya karapatan ko siyang makausap.

*Dapat ko rin siyang singilin sa ginawa niya . . . at sa utang niya.*

**"Kaya ba sinundan mo ko?"** tanong ni Drew at tumango naman ako. Tinignan niya si Yuri. **"Tinext kita para sunduin siya pauwi, hindi para dalhin dito."** Napailing-iling pa siya.

**"Kilala mo naman 'to. Matigas pa sa bato ulo nito,"** sagot ni Yuri at tinignan ko siya ng masama.

**"Nakita niyo na ko, okay naman ako. Pwede na kayong umuwi."**

Aapila sana ako sa sinabi niya ng biglang bumukas ang pinto na sinara ni Drew kanina. Lumabas ang isang babae na mukang mas bata sa 'min at tinignan kami. Mukang kagigising lang niya at namumutla pa.

*Pupusta ako, may sakit siya. Mga singko sentimo.*

**"Kuya, pinakain mo na ba si Mama?"** bungad sa kanya ng babae.

*Pupusta ulit ako, kapatid niya 'to. Mga piso naman.*

Lumingon siya sa 'min ng mapansin kami at natigilan bago ngumiti at ituro kami. **"Ikaw 'yung Jay-Jay, tapos ikaw naman 'yung Yuri."**

Tumango naman ako at tipid na ngumiti sa kanya. Para siyang nahiya pero may halong kilig.

**"Naririnig ko kayo kay Kuya tapos nakita ko na rin kayo sa Facebook,"** paliwanag niya.

Agad siyang nilapitan ni Drew at tinulak pabalik ng kwarto. **"Magpahinga ka nga! Hindi ka pa magaling!"**

**"Marianne? Tama?"** tanong ni Yuri at pilit nanlaban ang kapatid ni Drew para makalabas ulit.

Para siyang walang sakit kung makipagtulakan sa Kuya niya. Partida, mas bata pa siya at mas maliit kay Drew, pero ang lakas ng katawan niya. Isang malakas na tulak ang ginawa niya kaya napabitaw na ang katulakan niya sa kanya.

Muntik pang matumba si Drew pero nakatindig agad siya. *Ang lakas, mukang kaya siyang ibalibag.*

Nakangiti siyang lumapit habang inaayos ang buhok. **"Ako nga, kilala niyo ako?"**

**"We heard your name from Drew pero hindi ka pa namin nakikita kahit sa picture,"** sagot ni Yuri.

Unti-unting sumibangot si Marianne at tinignan ng masama ang Kuya niya. **"Ni-minsan hindi mo ko pinakilala sa kanila? Kahit picture man lang!"**

**"Bakit kita ipapakilala? Eh ang pangit-pangit mo!"** galit na sagot ni Drew.

Isang malakas na sipa ang nagpatumba sa kanya. Tama nga ako kaya nga siyang ibalibag. Nagulat kami pareho ni Yuri at napaatras. Hindi ko alam kung dapat ba kong lumapit para tulungan siya, baka kasi ako naman ang sunod na masipa.

*Tingin ko kaya na ni Drew 'yan. May mga pagsubok na dapat niyang harapin mag-isa.*

**"Aray! Ang likod ko!"** inda niya habang unti-unting bumabangon. **"May sakit ka ba talaga? Nagdadahilan ka lang yata para hindi pumasok."**

**"Kung wala akong sakit malamang bali na ang tadyang mo sa 'kin!"**

Sa lagay na 'yon hindi pa bali ang tadyang ni Drew? Eh para siyang manikang tumilapon kanina. Mabuti na nga lang at sa pader siya unang tumama bago bumagsak sa sahig. Kung sa kahoy na sofa nila 'yon malamang talagang mabalian siya.

Humarap sa 'min si Marianne habang nakangiti. **"Pasensya na sa magulo naming bahay, pasok kayo."**

Nagtinginan kami ni Yuri. Alanganin kung papasok ba o uuwi na. Okay naman daw si Drew, sabi niya. 'Yon lang naman ang gusto ko malaman at dahil confirm ko na na okay siya, uuwi na siguro kami. *Eme lang.*

Unang pumasok si Yuri at sumunod naman ako. Maliit lang ang bahay nila pero maayos naman at malinis. Hindi nagkakalayo ang kusina, sala, at banyo nila. Merong dalawang kwarto pero iisang kwarto lang ang nakita kong ginagamit nila.

Naupo kami pareho ni Yuri sa kahoy na sofa nila. Mukang luma na ang iba sa mga gamit pero napapakinabangan pa.

**"Kumain na ba kayo?"** tanong sa 'min ni Marianne na umagaw sa atensyon ko.

Gusto kong sumagot na hindi pa, dahil inuna kong sundan ang kapatid niya. Kaso nakakahiya naman. Gusto ko lang siyang kumustahin at makausapin na rin. Wala naman akong planong makikain pa.

Hindi pa kami nakakasagot ng humarap siya sa kapatid niya. **"Kuya, pagluto mo sila."**

Napasibangot si Drew at agad naman namin silang pinigilan.

**"You don't have to. Hindi naman kami gutom,"** sabi ni Yuri.

**"Same lang sa 'kin. Andito lang kami para sana kausapin ang kapatid mo,"** dagdag ko.

Ayaw pa sana niyang pumayag pero pinakita kong seryoso ako sa mga sinabi ko. Tumango-tango naman si Marianne at hinarap ang kapatid niya.

**"Ako na lang magpapakain kay Mama, asikasuhin mo muna sila."**

Hindi na niya hinintay ang sasabihin ni Drew. Lumapit siya sa lamesa nila at tinignan ang nasa loob ng pansaklob. Kinuha niya ang platong my pagkain at kumuha rin ng tubig bago pumasok sa kwarto at isara ang pinto.

Nagtinginan kaming lahat bago mag-iwasan. Awkward sa pakiramdam kasi walang ibang nagsasalita sa 'min. Paminsang tapikin ako ni Yuri para pagsalitain pero wala naman akong sasabihin kaya nauuwi ulit kami sa katahimikan.

*Mauubos ang oras namin sa pagtititigan.*

Alam kong ako dapat ang unang magsalita dahil ideya ko naman talaga ang pagpunta dito. Kaso sa dami na-witness ko bigla akong nahiya. May sakit ang Nanay niya, nag-alanganin ang buhay ni Marianne dahil sa shark loan. Ngayon sa kagustuhan niyang bumawi sa 'min, bumalik sa parehong shark loan na 'yon at pumayag sa plano nina Keifer, Kuya Angelo at iba pa.

Gusto ko sanang pag-usapan 'yon, kaso andito si Yuri at hindi niya alam na alam ko ang tungkol sa plano nila na 'yon. Dapat yata paalisin ko muna siya.

**"Magtititigan lang ba tayo dito?"** tanong ni Drew sa 'min.

Hindi pa ko nakakasagot ng bumukas na naman ang pinto ng kwarto. Naglakad palabas ang isang babaeng may yakap-yakap na chess board. Iika-ika siya maglakad, taka siyang tumingin sa 'min bago matamis na ngumiti.

**"Laro, laro tayo,"** sabi niya habang tinuturo ang chess board na yakap sa 'min.

**"Ma! Hindi ka pa tapos kumain!"** tawag ni Marianne sa kanya.

Sinubukan siyang hatakin ni Drew pero mabilis siyang pumalag at tumakbo sa tabi ko. Napatayo ako ng di-oras dahil sa gulat. Hindi ko itatanggi na medyo natatakot ako dahil hindi ako sigurado sa kalagayan niya.

**"Gusto ko lang laro,"** bulong niya at nagtago sa likod ko.

Tinignan ko si Drew at Yuri na parang nanghihingi ng tulong pero kahit sila hindi alam ang gagawin. Lalapit sana si Marianne sa 'min pero kumapit ang Mama nila sa braso ko kaya tumigil siya. Lalong lumaki ang kaba ko pero ayoko namang siyang ipagtabuyan na parang may nakakahawang sakit.

*Ang sama ko ba dahil natatakot ako sa kanya?*

**"Ma, kaibigan 'yan ni Drew,"** sabi ni Marianne na parang nagbabanta.

Nilingon ko ang Mama nila at hinawakan ang kamay niya sa braso ko. Balak ko sanang alisin 'yon pero ng maramdaman ko ang lamig ng kamay niya at napatingin ako sa mismong muka niya. Malungkot ang mga mata niya, para siyang nakikiusap at nanghihingi ng tulong, hindi ko maiwasang makita ang sarili ko sa kanya kapag mag-isa at kailangan ng tulong.

*Hindi siya dapat katakutan, nangangailangan din siya ng tulong. . . kagaya ko.*

**"Gusto niyo pong maglaro?"** tanong ko at nagliwanag ang muka niya. **"Pero dapat kakain po muna, kasi ako hindi pa kumakain."**

**"Lalaro tayo?"** tanong niya sa 'kin habang nakangiti.

Ngumiti rin ako. **"Opo, pero kakain muna."**

Hawak ko pa rin ang kamay niya na nasa braso ko habang nilalakad siya palapit kay Marianne. Sinubukan siyang akayin nito palayo sa 'kin pero hindi siya bumitaw.

**"Maglalaro, maglalaro, maglalaro,"** paulit-ulit na bulong niya.

*Mali yata na inaya ko siyang maglaro. Ayaw na bumitaw sa 'kin.*

Tinuro ko na lang kay Marianne ang lamesa. Do'n ko dinala ang Mama nila at bumalik naman siya sa kwarto para kuhanin ang pagkaing dinala niya kanina. Umupo ako at sumunod naman sa 'kin ang Mama nila habang nakahawak pa rin sa braso ko.

**"Ma, bitiwan mo na si Jay-Jay,"** utos ni Drew pero hindi nakikinig sa kanya ang Mama niya.

Yakap ng isang kamay ang chess board at ang isang kamay naman niya nakakapit pa rin sa braso ko. Tumabi sa kanya si Marianne at unti-unti siyang sinubuan. Ayaw pa sana niya no'ng una pero pinaalala ko sa kanya na dapat kumain muna bago maglaro.

*Effective naman ang ginagawa ko.*

Para siyang bata na kailangang palalahanan o kaya man ay utuin para mapasunod. Tingin ko sa kanya kasing edad or mas matanda kay Tita Gema. Maayos naman ang damit at itsura niya mukang naaalagaan naman siya ng maayos ng mga anak niya. Hindi ko lang maintindihan, paanong ang kagaya niyang chess champion—*base sa kwento ni Ci*—ay naging ganito ang sitwasyon?

Naubos niya ang pagkain at uminom ng tubig. Tumayo siya at inakay ako. Nag-alala si Drew at Marianne dahil pareho nilang hindi alam ang gagawin niya pero hinatak lang niya ko palabas ng bahay. Binitawan niya ko at para siyang may hinahanap. Nakasunod sa 'kin si Yuri at Drew na nagtataka rin sa ginagawa niya.

Natapos lang kami sa pag-iisip ng maghatak siya ng dalawang bangkong kahoy. Agad ko siyang tinulungan. Kinuha naman ni Drew ang kaparehang bangko at lamesita. Inayos ng Mama niya chess board sa ibabaw ng lamesita matapos ipwesto 'yon sa harap lang ng pinto nila.

Mumurahin lang ang chess board niya na natutupi sa dalawa at nagmumukang suitcase. Nakatago sa loob ang mga chess pieces na inayos niya isa-isa. Meron lang akong napansin sa chess board niya, para kasing makapal 'yon kumpara sa mga nabibili lang sa palengke pero kapareho ng itsura at texture.

*Baka pasadya ang chess board niya. Kaya siguro lagi niya yakap.*

**"Laro, laro,"** sabi niya habang pinapalapit ako sa kanya.

Mukang gusto niyang maglaro kami ng chess. Napangiwi ako. Wala akong alam sa larong 'yan. Sabi kasi pang-matalino lang 'yan, bobo nga ako 'di ba? Napilitan akong maupo sa katapat na bangko dahil sa pagsibangot niya at pag-iiba ng tono ng boses habang paulit-ulit sinasabi ang salitang laro.

**"Alam mo ba kung paano laruin 'yan?"** tanong ni Yuri at agad akong umiling.

**"Pang-matalino lang 'yan, tulungan mo na,"** sabi ni Drew kaya tinignan ko siya ng masama.

Sinubukan akong i-guide ni Yuri hanggang sa magsimulang kumilos ang Mama ni Drew. Isang galaw pa lang ng tinawag na Pawn nawindang na ko.

*Hala, anong sunod? Checkmate na ba agad?*

**"Do the same, move a pawn,"** turo ni Yuri at ginawa ko naman.

Kumilos ulit ang kalaban ko. Napansin ko na nakangiti siya pero tutok ang mata sa laro. Para siyang walang kapansanan.

Nagpatuloy kami sa paglalaro, si Yuri ang nagsasabi sa 'kin ng gagawin pero nakakailang tira pa lang ako, nakukuha na agad ang chess pieces ko. Nataranta ako, hindi ko alam kung ubusan ba ng kalaban 'to o dapat mapasok ko ang area ng kalaban at matalo ang hari. Hindi naman ako na-inform na medieval pala ang datingan ng larong 'to.

Hindi ko namalayan ang bawat tira niya ilang piraso na lang ang chess pieces ko. Ngumiti ulit siya at ginalaw ang bishop.

**"Checkmate,"** sabi ng Mama ni Drew at pumalakpak.

Napanga-nga ako. Ang bilis! Hindi pa nag-iinit pwet ko rito sa upuan checkmate na agad.

*Tanggapin mo na, wala ka pag-asa sa sport ng matatalino.*

**"Naging mabait pa siya sa 'yo, kanina ka pa dapat na-checkmate pero hinihintay ka niyang makabawi,"** sabi ni Yuri at napailing.

Tinulungan niya kong makatayo. Nagtaka naman ako ng siya na ang maupo sa pwesto ko. Tinulungan niya ang Mama ni Drew na ayusin ulit ang chess pieces at ibalik sa mga pwesto.

**"Makikipaglaro ka?"**

Tumango siya. **"Gusto ko subukan,"**

Tinignan ko si Drew at nagkibit balikat lang siya. Tumingin siya sa mga nakasampay sa harap ng bahay nila bago kuhanin ang basket at lapitan 'yon. Sumunod naman ako para tulungan siya.

**"Si Marianne?"** tanong ko kahit alam kong nasa loob siya at nagpapahinga.

Natanaw ko siyang pumasok sa kwarto nila kanina. Napansin ko ring pinupunasan niya ang muka niya pero hindi ko masabi kung umiiyak ba siya.

**"Nasa kwarto na, masama kasi pakiramdam no'n."**

Tumango-tango naman ako. Kinuha ko ang isa sa damit at tinupi bago ilagay sa basket. Naging tahimik kami sandali pero panay ang tingin ko sa kanya na napansin naman niya.

Inirapan niya ko kaya hinampas ko sa kanya ang damit na nakuha ko. Nagulat siya at sandaling napatingin kina Yuri na abala sa paglalaro.

**"Naku Jay, alam ko na 'yang paglingon-lingon mo sa 'kin na 'yan,"** sabi niya at tinuloy ang ginagawa. **"Hindi kita type, at ayoko ring mabugbog ni Keifer."**

*Ano raw? Iba rin ang kapal nito. Mga Ulupong talaga, mga gwapong-gwapo sa sarili.*

**"Kapal mo rin! Gusto ko lang magtanong tungkol sa pamilya mo,"** napabuntong hininga ako. **"Kaso ayoko namang manghimasok. Kaya kakausapin na lang sana kita tungkol sa ginawa mo."**

Sandali siyang tumigil, umihip ang malakas na hangin kaya sumabay ang mga damit sa sampayan. Tumingin siya sa malaking bahay.

**"Hindi ko gustong gawin 'yon, maniwala ka,"** sabi niya at dahan-dahang lumingon sa 'kin. **"15 million ang utang na kailangan kong bayaran. Kanino ako lalapit?"**

Napakurap-kurap ako. *15 million? Hindi ba 15 thousand o 15 pesos lang, million talaga?*

Muntik ko na siyang sigawan, pero napigilan ko ang sarili ko. Sandali kong nilingon si Yuri at ang Mama ni Drew na abala sa paglalaro. Mukang ang seryoso nila dahil nawala na ang ngiti ng Mama niya. Lumapit ako kay Drew at mahinahon siyang tinanong.

**"Bakit gano'n kalaki? Anong nangyari? Lahat ba 'yan nauwi saan? Pinang-sugal mo ba 'yang 15 million na 'yan?"** sunod-sunod kong tanong.

Marahas niyang hinatak ang isang damit sa sampayan at nagtalsikan ang mga sipit no'n. Mukang siyang nagpipigil ng galit. Huminga pa siya ng malalim bago ako harapin at mahinahong sumagot.

**"Tatay ko ang may trabaho niyan, ibinabaon niya kami sa utang."**

*OceanofPDF.com*

# Chapter 386

**A/N:** Enjoy!!!!!

**Checkmate**

***Jay-Jay's POV***

**"Hindi 'to alam ni Marianne, kaya hinaan mo lang ang boses mo,"** sabi ni Drew habang patuloy sa paghango ng mga damit.

Sinadya naming bagalan ang kilos para makapag-usap kami ng maayos. Hindi ko lang alam kung naririnig ba kami ni Yuri na abala sa paglalaro ng chess. Matalino naman siya kaya alam kong keri niyang labanan ang isang champion.

**"Ibig mong sabihin, umabot ng 39 million ang utang na iniwan niya sa inyo? Ngayon 9 million na lang sana kaso dahil sa shark loan naging 15 million?"** pag-uulit ko sa sinabi niya sa 'kin.

Tumango siya habang pinapagpag ang damit na hawak. **"Hindi ko alam kung nasan ang walanghiya at kung paanong nakakagawa pa rin siya ng utang matapos magtago."**

**"Saan naman niya ginamit ang pera?"**

**"Sugal at panlalalaki,"** sagot niya bago ibalik ang basket sa bahay nila.

Napanga-nga ako sa sinagot niya. Gano'n kalaki ang naubos niya sa sugal at . . . *ano? Sandali!*

Bumalik si Drew dala ang walang lamang basket. Tinuloy niya ang ginagawa at ako nanatili pa ring nag-iisip sa huling sinabi niya habang hawak ang kaparehong damit na huli kong nakuha.

**"Hindi ba pangbababae?"** pagtatama ko pero umiling siya.

*Hindi nga ako nagkamali ng dinig sa huling sinabi niya.*

**"Panlalalaki. Ilang beses ko nahuli 'yon dati pero dahil bata pa ko hindi ko pa naiintindihan,"** kaswal na paliwanag niya na parang ordinaryong bagay lang ang mga sinasabi niya.

Kusang bumalik sa 'kin ang reaksyon niya no'ng umamin si Kit sa harap ng klase.

**"Kaya ka ba nagalit no'n kay Kit?"**

Huminto siya at kinuha ang damit sa kamay ko. Binigay ko naman at hinayaan siyang itupi 'yon ng maayos.

**"Bumalik sa 'kin lahat no'ng umamin siya. Hindi ko napigilan galit ko, kaya gano'n nasabi ko sa kanila. Pinagsisisihan ko naman 'yon,"** paliwanag niya.

Alam ko namang nagka-ayos na sila no'n. Wala rin naman akong nakikitang galit o inis sa kanya kapag tinitignan ang mag-jowa. Dipende na lang kung nagkapikunan na naman sila ni Mayo.

Sunod na nilapitan ni Drew ang mga kumot. Tinulungan ko siyang kuhanin 'yon sa sampayan at pagpagin bago itupi.

Napatingin ako kina Yuri ng wala akong naririnig na kahit na anong ingay mula sa kanila. Concentrate na concentrate sila pareho. Ilang chess pieces pa lang ang nakukuha nila mula sa isa't-isa at parang ilang minuto bago sila gumawa ng kilos at tumira.

*Totoo nga, ang kumplikadong laruin. Pang-matalino talaga.*

Napatitig ako sa Mama ni Drew bago ko siya harapin. **"Alam kong personal na 'tong itatanong ko pero . . . ang Mama mo, anong nangyari sa kanya?"**

**"Hindi naman personal na tanong 'yan, maraming nakakaalam niyan. Na-tabloid pa nga siya dati dahil sa kundisyon niya."** Huminto siya sa ginagawa at pinagmasdan ang Mama niya. **"Akala ko kaya niyang i-handle lahat. Binenta niya mga property namin, insurance, business, pati pension niya ginagamit niya pangbayad ng mga utang. Tapos araw ng graduation ko hindi sila dumating, pag-uwi ko sa bahay si Marianne lang ang naabutan ko. Hindi namin alam na may problema na pala siya sa pag-iisip at nawawala na pala siya no'n. Buti na lang may mabuting taong nagdala sa kanya sa Police Station. Malas nga lang, kasi merong reporter do'n na nakakilala sa kanya."**

Tumingin siya sa malayo at pinunasan ang muka. Papatigilin ko na sana siya sa pagk-kwento pero ako ang pinigilan niyang magsalita sa pagsenyas sa 'kin.

**"Matatanggap ko ang pagkakasakit niya pero 'yung kutya ng mga tao, 'yon ang hindi ko matanggap. Naka-headline sa balita, '*Dating Filipino Representative sa Chess Olympiad nasiraan ng bait*'. Hindi ko alam ang gagawin ko no'n. Wala kaming malapitan. Araw-araw kaming kinakatok ng mga reporter, hina-harass ng mga naniningil, tapos ninanakawan pa kami ng mga kamag-anak namin."**

At lahat ng 'yon pinasan niya mag-isa. Gumawa siya ng paraan sa sarili niya para buhayin ang kapatid at Nanay niya pati na rin ang bayaran ang mga utang na naiwan sa kanila. 'Yon ang hindi namin nakita sa kanya dahil buong akala namin sa pagsusugal niya ginagamit ang hinihiram niya sa 'min. Hindi ko namalayan na umiiyak na rin ako.

Ngayon ko naiintindihan kung bakit lagi niya sinasagot na kaya siya nagsusugal para makabayad ng utang. Kasi 'yon talaga ang ginagawa niya. Do'n siya kumukuha ng pera. Akala ko sinasagot lang niya 'yon para tigilan namin siya pagtatanong tungkol sa perang hiniram niya sa 'min.

Sabay kaming pilit kumalma at tumahan. Pinunasan ko ang muka ko gamit ang palad ko. Samantalang siya ginamit ang manggas ng suot na tshirt para punasan ang muka.

*Nagsabog na ang sipon ko.*

**"Maniwala ka, hindi ko talaga intensyong ipahamak ka. Kung meron lang akong ibang pagpipilian no'n kahit mahirapan ako o madagdagan ang utang ko, 'yon ang pipiliin ko. Pagod na pagod lang talaga ako mag-isip at maghanap ng mahihingan ng tulong. . . Patawarin mo ko."**

Ngumiti ako habang pilit pinipigilan ang maiyak. Huminga pa ko ng malalim bago magsalita.

**"Tangina ka kasi, sana kinausap mo ko. Sana nilapitan mo rin ako."**

**"Bakit? Papautangin mo ba ako ng milyon?"**

**"Putangina mo,"** sagot ko at natawa naman siya. **"Hahanap tayo syempre."**

**"Kanino ka hahanap? Kay Keifer?"**

Bahagya akong natawa. Siya nga kasi ang nasa isip kong kayang maglabas ng milyones. Halong iyak at pagtawa ang reaksyon namin. Para siyang nakahinga ng maluwag sa mga oras na 'to kahit panandalian lang. Basta hindi na niya uulitin wala kaming magiging problema.

*Ako susuntok sa kanya kapag inulit niya pa pagtraydor sa 'kin.*

**"Kung pwede lang, magsabi ka na ng totoo sa lahat. Kasi ang iniisip namin, ikaw ang may gawa ng mga utang mo sa pagsusugal,"** sabi ko at tumango siya habang pinupunasan ang muka.

**"Susubukan ko, nahihiya rin kasi ako. Ayokong isipin nilang nagpapaawa lang ako para hindi magbayad ng utang."**

**"Kung sa sugal ka pala kumukuha ng pambayad, saan mo dinala ang inutang mo sa 'kin na 5,000?"** tanong ko.

Masama pa rin ang loob ko sa 5,000 na 'yan. Kaso anong magagawa ko kung wala talaga siya. Kahit awayin ko pa siya kung wala siyang iaabot, gano'n pa rin.

**"Entrance fee tapos paunang taya. Laki sana ng panalo ko no'n kaso nahuli ako ni Tiger. Ayun, muntik na ko ipabugbog kaya napa-call a friend ako. Tapos ikaw ang tinawagan ko sa sobrang takot ko,"** paliwanag niya at tumawa.

Kaya naman kami napasugod ni Yuri sa Kingsground. Kapag naalala ko 'yon, nakakatakot pa rin lalo na ang paglaban ni Yuri sa ring. Sabagay, nakakatakot naman kasi talaga ang vibes sa lugar na 'yon. Huli ko na nga nalaman na illegal pala ang business ng frenny ni Kuya Angelo, kaya pala malaya kaming nakakapasok kahit minor kami kasi wala naman silang batas na sinusunod.

*Nasa muka naman talaga ni Tiger ang pagiging illegal.*

Meron lang akong pinagtaka sa sinabi ni Drew.

**"Anong ibig mong sabihin na nahuli ka?"**

Napakamot siya sa ulo. **"Ang totoo, kaya ako nananalo sa mga sugal. Kasi dinadaya ko ang mga baraha."**

Napangiwi ako at muntik na siyang batukan. Pahamak na nga ang pagsusugal, daragdagan niya pa sa pandaraya.

**"Siraulo ka ba? Talagang mabubugbog ka sa ginagawa mo!"**

Mabilis siyang umiwas ng tumaas ang kamay ko. Sinenyasan din niya kong tumahimik at baka marinig kami sa loob ng bahay kung nasan ang kapatid niya.

**"Bakit? Madaya rin naman ang sugal, edi sabayan ko,"** pangangatwiran niya.

**"Edi sana hindi ka na lang nagsugal."**

**"Mas mabilis ang pera sa sugal, pero may mga sideline na rin naman ako."**

Napalingon kami sa Mama niya dahil sa pagpalakpak nito. Mukang natutuwa siya dahil nakahanap siya ng katapat sa paglalaro ng chess.

**"Hindi mo pa rin ba nadadala sa psychiatrist ang Mama mo?"** tanong ko kay Drew at malalim siyang napabuntong hininga.

**"Nadala ko na, kayalang hindi ko kaya bilhin ang mga gamot niya. 'Yung pension sana niya kaso malaking bahagi no'n, pinangbabayad ko sa utang tapos ang matitira panggastos na namin dito sa bahay.**

**Lumipat na nga kami as Maid's Quarter para maliit lang ang gastos namin sa kuryente kaso na-sh-short pa rin kami minsan."**

Kaya pala kahit ang laki ng bahay nila, hindi sila do'n nakatira. Pero okay naman 'tong tinitirhan nila ngayon. Naging praktikal lang siya.

**"Pakiramdam ko, hindi na ko matatapos sa pagbabayad ng utang,"** dagdag niya. **"Minsan nga gusto ko na ring hanapin ang Tatay ko para sapakin."**

Sabi niya at bahagyang natawa. Alam kong masama ang loob niya sa Tatay niya. Sinong hindi magagalit sa ginawa niya. Iniwanan ng napakalaking utang at iniasa sa kanila ang pagbabayad. Kung hindi siya mapipigilan, sana umalis na lang siya at wala ng iniwang dagdag na pahirap sa kanila.

*Same sila ng Tatay ni Keifer. Sana hindi ganyan ang Papa ko, sana wala siyang ibigay na sakit ng ulo sa 'kin.*

**"Ituloy na natin 'to at baka hindi na tayo matapos,"** sabi ko sabay turo sa dalawang natitirang kumot.

Tumawa lang siya at tinuloy ang mga ginagawa namin. Natapos namin 'yon at pinasok naman niya sa loob ng bahay ang basket ng mga tinuping damit at kumot. Nilapitan ko naman sina Yuri na abala pa rin sa laban nila. Gusto ko sana siyang pagtawanan dahil stress na stress siya sa pag-iisip ng susunod na tira.

Lumabas din si Drew matapos ibaba ang hawak. Nasa kalagitnaan kami ng panonood ng marinig naman ang malakas na pagbalibag sa gate nila. Kahit malayo kami narinig pa rin namin, kasunod no'n ang pagtawag kay Drew ng mga boses lalaki.

**"Sino 'yon?"** tanong ko pero bago pa masagot ang tanong ko, tinawag ni Drew ang kapatid.

**"Marianne, si Mama!"**

Nagmamadaling lumabas si Marianne at agad na binitbit sa magkabilang braso ang Mama niya pero nanlaban 'yon sa kanya. Napilitan akong tumulong at sumunod sa pupuntahan nila.

**"Laro, laro, laro,"** naiiyak na sabi ng Mama nila.

**"Ma, may kalaban sa labas. Tago muna tayo,"** pang-uuto ni Marianne pero bakas ang takot sa boses niya.

Halatang hindi siya susunod kaya nakisali na rin ako sa pang-uuto niya.

**"Tagu-taguan muna tayo,"** sabi ko at tumingin sa 'kin ang Mama nila.

Mukang nakinig naman siya at hindi na nanlaban pa. Dumiretso kami sa malaking bahay. Bukas ang backdoor na papasok sa mini-kitchen at dining ng bahay. Nagtago ang mag-ina sa isang kwarto pero pinili ko namang manatili at sumilip sa labas sa siwang ng saradong bintana.

Nakatayo si Yuri si tabi ni Drew na inaabangan ang pagdating ng mga pumasok. Hindi rin naman nagtagal at nagpakita sila. Grupo ng mga lalaking maraming tattoo sa braso at leeg. Muka silang hindi magdadalawang isip na manakit.

*Sino naman ang mga 'to?*

**"Bata, deadline na ng hulog mo,"** sabi ng isang lalaking may hawak na sigarilyo.

**"Kakabayad ko lang ah?"** sagot ni Drew.

**"Nagtaas kami ng interes para sa buwan na 'to. Hindi mo pa nababayaran ang interes ng hulog mo."**

Anong klaseng panlalamang 'yan? Pinagkakautangan din pala sila ni Drew, pero nanglalamang naman sila. Ganito siguro ang tinatawag na shark loan. Grabe magpatong ng interes sa mga pautang nila.

May isang lalaki ang umakbay kay Drew pero tinabig niya 'yon at lumayo siya.

**"Sabi mo tataas lang ang interes kapag hindi nakakabayad ng maayos. Hindi naman ako nagmintis,"** inis na sabi ni Drew.

**"Bata, mahina ang kita ko sa 'yo dahil ang baba ng interes ko sa utang niyo. Luge naman yata ako dahil ilang taon mo pang babayaran ang utang mo."**

**"Hindi ka pwedeng basta magtaas ng interes, illegal na nga ang pautang mo, pati interes dadayain mo pa,"** singit ni Yuri at napasampal ako sa noo ko.

*Bakit ka pa nagsalita? Taga-support ka lang dapat.*

Halatang nairita ang mga lalaki sa kanya. Masama ang naging tingin ng lalaking may sigarilyo kay Yuri. Humakbang siya palapit sa kanya pero hindi naman natinag ang pulang buhok.

**"Bata . . ."** sabi ng may sigarilyo at tinuro ang buhok niya. **"Cosplayer ka ba? Bakit ganyan ang buhok mo?"**

Akmang hahawakan niya ang buhok ng kaharap pero naging mabilis siya Yuri para harangin ang kamay at palipitin ang daliri. Napasigaw ang lalaki at nalaglag ang sigarilyo sa sahig.

**"Hoy, Yuri! Bitawan mo 'yan!"** pag-awat ni Drew.

Na-alarma ang mga lalaking nakapaligid sa kanila. Tinangka nilang lumapit pero naging malakas ang paghiyaw sa sakit ng lalaking hawak ni Yuri kaya hindi na sila gumalaw.

**"Don't you dare touch me with your filthy hand,"** sabi ni Yuri.

Tinignan niya ang mga lalaki at si Drew. Nang bumalik ang tingin niya sa kaharap tsaka ko lang nakita ng maayos ang itsura niya. Para siyang walang konsensya at wala lang sa kanya ang ginagawa niyang pagpalipit sa daliri ng lalaki sa harap niya. Nakikita ko ang dating Keifer sa kanya, no'ng mga panahong enjoy-enjoy nila makipagbasag-ulo at balian ng balian ang mga kaaway.

Ang pinagkaiba lang, wala akong makitang paki kay Yuri. Paki kung ituloy niya o hindi ang balak. Paki kung ikapapahamak ba niya o ni Drew ang ginagawa niya. Paki kung ano ang magiging resulta ng aksyon niya.

*Ano bang nangyayari sa kanya? Hindi ko pa siya nakikitang ganito.*

**"Ano bang problema mo bata? Hindi mo naiisip ang pwede naming gawin sa 'yo?"** tanong ng isa sa mga lalaking nakapaligid sa kanila.

Sandali siyang tinignan ni Yuri na para bang isa siyang mababang uri ng tao. Kalmado siya pero nakakamatay ang tingin niya. Hindi ko maiwasang manibago.

**"Listen here, let's make a deal,"** sabi ni Yuri habang tinataas ang isang binti niya, sapat para maabot niya ang medyas.

Pare-pareho silang nagtaka sa ginagawa niya. Meron siyang kinuha at nang itaas niya 'yon naalarma ulit ang lahat, pati ako. Isang itim na pocket knife.

**"Yuri!"** sita ni Drew para pigilan siya kung anong balak niya pero hindi siya pinansin nito.

*Anong gagawin niya? Dapat na ba kong lumabas at makialam?*

Tinaas niya ang kamay na may hawak ng pocket knife. Pinakita niya sa lahat 'yon bago itutok sa kamay na kanina niya pa pinapalipit.

**"Hindi ako makikialam sa utang ni Drew, I don't have money to help him anyway. But here's what I want you to do, keep the same interest amount—."**

**"Hindi ikaw ang gagawa ng desisyon dito!"** galit na sigaw ng lalaking hawak niya.

Walang tingin na sinaksak niya ang kamay nito. Natakpan ko na lang ang bibig ko sa pagkagulat. Napaatras si Drew sa ginawa niya at gano'n din ang iba. Agad na tumulo ang dugo sa sahig.

*Putangina, anong ginawa niya?*

Pinagpasalamat kong nagtago si Marianne at ang Mama niya. Baka hindi rin nila makayanan na makita 'to.

**"I said, let's make a deal,"** sabi ni Yuri at hinugot ulit ang pocket knife.

Tanging pagsigaw at pagdaing ang nagawa ng lalaki. Halong takot at pag-aalala ang nararamdaman ko at alam kong ganon din si Drew. Bakit pakiramdam ko ngayon lang din niya nakitang ganito si Yuri?

**"Keep the same interest rate for Drew's debt, wala kayong itataas. Because the moment you do so, isang daliri mo ang puputulin ko sa bawat pagtaas ng interest na gagawin mo."** Hinintay niyang sumagot ang lalaki pero pagdaing lang ang maririnig sa kanya habang pilit binabawi ang kamay.

Tumaas ang isang kilay niya habang naghihintay. Segundo pa lang pero mukang inip na inip na siya. Tinutok niya ang pocket knife sa daliri nito at akmang susugod na ang mga nakapaligid ng sumagot na rin ang lalaki sa wakas.

Sabog ang sipon at luha sa muka niya habang paulit-ulit na sinasabing payag na siya. Mabuti na lang din at sumagot na rin siya. Balak ko na talagang tumakbo palabas para pigilan si Yuri.

*Kahit parang imposible na magpapigil siya.*

**"Gago ka ba? Hindi mo alam kung anong kayang gawin na mga 'to!"** galit na sabi ni Drew sa kanya.

Tumawa siya. **"At hindi rin nila alam kung anong kaya kong gawin."**

Binitiwan na niya ang kamay ng lalaking kaharap niya. Lumapit ang ilan sa kasama niya at tinulungan siyang makatayo. Bago pa magbitaw ng banta ang lalaki, agad siyang kinontra ni Yuri.

**"Don't even try. I will visit your office to seal our deal. Kapag hindi ka tumupad, buong kamay mo ang papatulin ko."**

Hanggang masamang tingin na lang ang kayang isagot ng mga lalaki. Umalis sila na walang ibang ginawa o sinasabi.

*Gano'n na lang 'yon? Natakot sila kay Yuri?*

Ang dami nila, tapos mas malaki pa kay Yuri pero wala man lang lumaban o nagtangkang sumugod sa kanya. Hindi naman nakakatakot ang itsura ng pulang buhok na 'to. Kumpara naman kay Keifer at Kuya Angelo papasa pa nga siyang mabait. Kaya paanong umalis sila ng hindi nagsasalita o lumalaban man lang.

Binuksan ko ang pinto at dahan-dahang naglakad palapit sa kanila. Halatang nakunsume si Drew sa nangyari. Nasabunutan niya pa ang sarili habang nakatingin sa mga lalaking umalis.

**"Paano mo nagawa 'yon?"** tanong ko kay Yuri pero may halong pang-aakusa ang tono ko.

Inosente siyang tumingin sa 'kin bago itago ang pocket knife sa likod niya. **"Luck, I guess."**

**"Hindi man lang sila lumaban sa 'yo?"**

**"Dahil babalikan nila siya, o ako,"** sabi ni Drew na mukang stress na stress na.

**"Hindi nila gagawin 'yon. Akong bahala,"** sagot ni Yuri sa kanya.

Napalingon kaming lahat sa malaking bahay ng makarinig kami ng mga gamit na bumagsak. Agad na pumasok si Drew sa backdoor. Susunod na sana ako sa kanya pero natigilan ako ng mapansin kong hindi gumagalaw si Yuri sa kinatatayuan niya.

**"Maghuhugas lang ako ng kamay, susunod ako,"** sabi niya at sinenyasan akong lumakad na.

Ginawa ko naman dahil alam kong ayaw niyang ipakita sa 'kin ang pocket knife niyang may dugo. Iniwan ko siya at pumasok na rin sa malaking bahay. Hinanap ko agad sina Drew at Marianne. Hindi naman ako nahirapan na makita sila, dahil kahit maraming pinto kakaunti lang ang pasikot-sikot sa loob.

Nasa hagdan si Drew paakyat. Sumunod ako ng makita kong papasok si Marianne sa isang kwarto.

**"Ma!"** dinig kong tawag ni Drew.

*Wala naman sanang masamang nangyari.*

Hingal na hingal ako pagdating sa second floor. Pagpasok sa kwartong pinasukan nilang magkapatid, napahinto ako at napatitig sa nangyayari. Wala namang masamang ganap pero naglilinis ang Mama nila na parang isang normal na Nanay.

**"Kwarto ni Andrew, dapat malinis . . ."** sabi niya at pilit unuunat ang sapin ng isang kama. **"Makalat kasi ang anak kong 'yon."**

Niligid ko ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto. Halatang hindi nagagalaw ang gamit, kagaya ng kama, sofa, study table at closet, pero kataka-takang malinis at walang masyadong alikabok ang kwarto kumpara sa labas at sa hallway na dinaanan ko. Kupas ang kulay ng pader at ang ilang gamit pero matino pa naman ang lahat.

Merong picture frame sa bedside table pero basag na ang salamin kaya hindi ko makita ang muka ng mga nasa picture.

**"Dapat linisin ang kwarto ni Andrew . . . dapat malinis."**

Tinignan ko si Drew at Marianne, kahit wala silang sabihin alam kong nahihirapan sila sa nakikita nila. Bakas ang pagod sa mga itsura nila pero wala silang magawa. Pakiramdam ko, hinihiling nila na bumalik na siya sa dati o gumaling na siya.

Tumigil ang Mama nila sa paglilinis at naglakad palabas ng kwarto. Agad naman silang sumunod at sinubukan pa nilang pigilan pero nagalit lang 'to sa kanila kaya napilitan silang hayaan. Pumasok siya sa kasunod na kwarto. Kagaya ng nauna, wala ring masyadong alikabok ang kwarto. Maraming manika at libro sa isang cabinet katabi lang ng study table.

**"Kwarto ni Marianne malinis palagi, pero maglinis pa rin dapat,"** sabi ng Mama nila at sinimulang pinunasan ang bedside table.

Pinagpag niya ang mga unan at gano'n din ang sapin at kumot. Meron siyang mga sinasabi at binubulong na hindi ko na masyadong pinakinggan dahil naagaw ang atensyon ko ng huling kwarto sa sulok. Bukas ang pinto at kitang-kita ko ang mga gamit sa loob.

Sandali ko silang iniwan at sinilip 'yon. Puno ng mga memorabilya. Meron pang malaking litrato ng Nanay nila. Mga malalaking trophy na binalot na ng alikabok at dumi. Mga box na puno ng mga picture frame, newspaper, at iba pang mukang papeles.

*Siguro, sikat talaga ang Mama nila.*

**"Jay . . ."** tawag sa 'kin ni Drew bago tignan ang kwartong sinisilip ko. **"Gusto mong pumasok? Magulo nga lang."**

Umiling ako. **"Hindi na siguro, makikigulo pa ko eh mukang mahirap ayusin ang mga 'yan."**

**"Magulo pa 'yan, sinubukan ko kasing hanapin ang titulo ng bahay at lupa. Bebenta ko sana kay Keifer kaso hindi ko makita,"** paliwanag niya habang naglalakad papasok sa loob ng kwarto at nilalagay ang mga gamit na nakakalat sa sahig sa isang kahon.

**"Alam ni Keifer ang sitwasyon mo?"** tanong ko at hinarap niya ko sandali para umiling.

**"Hindi lahat, nahihiya rin kasi ako ipaalam sa kanya ang lahat."** Napakamot siya sa ulo. **"Hindi naman siya mahigpit sa pera pero gusto niya sa tamang tao o paraan gagamitin ang iaabot niya. Kaya 'yon, hindi ko masabi lahat baka kasi ikagalit niya."**

Napanguso ako. Tama naman siya ng sinabi tungkol sa paglabas ni Keifer ng pera. Hindi ko lang maisip kung bakit pagdating sa pagkain ko, parang ang bilis-bilis niyang dukutin ang wallet. Naalala ko nga na nanghiram ako ng pera sa kanya dati para ipambayad kay Mykeliling sa ginawang niyang pamamahiya kay Ci-N dati, hindi na niya ko siningil. Hindi ko naman magawang ipaalala sa kanya.

*Tapos parang barya lang sa kanya ang mga ginagastos niya sa 'kin.*

Sana marami rin ako pera kagaya niya.

**"Tingin ko naman maiintindihan niya, hindi naman ikaw ang gumawa ng mga utang na 'yon,"** sabi ko at naglakad na siya palabas ng kwarto.

**"Sana nga,"** sagot niya bago isara ang pinto.

Naglakad na kami paalis. Wala na si Marianne at Mama niya sa kwartong iniwan namin. Tumuloy na rin kami palabas ng bahay kung saan namin naabutan ang kapatid niya na pinupulot ang mga chess pieces sa sahig.

**"Si Mama?"** tanong ni Drew.

**"Nasa loob na, pinahiga ko na, sana nga makatulog na."**

Pumunta si Drew sa bahay nila, ako naman piniling tulungan si Marianne sa pamumulot. Paglagay sa chess board ng mga pinulot namin, binilang namin 'yon para masiguro na kumpleto. Hindi nakaligtas sa paningin ko ang kahoy sa sirang bahagi ng board.

**"Lumang-luma na siguro 'tong chess board, pasira na eh."**

Tinignan ni Marianne ang tinutukoy ko. **"Ay oo, alam ko nga swerte 'tong chess board na 'to. Kwento ni Mama dati, ito raw nagpapanalo sa kanya sa unang tournament niya."**

Pinagmasdan ko ang kabuuan ng chess board. Inalis ko muna ang laman bago tinignan ang magkabilang bahagi. Para kasing hindi pantay ang sukat mula sa labas at loob ng chess board. Napansin ko na no'ng una na parang makapal ang isang 'to kumpara sa mumurahing nabili sa palengke. Muka kasing makapal sa labas pero kapag tinignan ang loob kung saan nilalagay ang piraso ng chess parang ang liit-liit lang ng espasyo.

*Baka gano'n lang ang ayos para hindi madaling masira.*

**"Bakit?"** tanong ni Marianne sa 'kin.

**"Tinignan ko lang baka malaki na pala ang sira, pero mukang tatagal pa naman,"** sagot ko at tinanggap naman niya.

Niligpit na namin ang chess board at hinayaan ko siyang ipasok na sa loob ng bahay. Kasalubong naman niya ang kapatid na tinitignan ang paligid.

**"Saan nagpunta si Yuri?"**

*OceanofPDF.com*